



ANG SALITA

AY NAGPAPAKITA SA KATAWANG-TAO

VOLUME I



**ANG PAGPAPAKITA
AT GAWAIN NG DIYOS**



**ANG IGLESIA NG
MAKAPANGYARIHANG DIYOS**

Karapatang-sipi © 2023 ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos
(The Church of Almighty God)

ANG SALITA
AY NAGPAPAKITA SA KATAWANG-TAO
VOLUME I
ANG PAGPAPAKITA
AT GAWAIN NG DIYOS

Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao (pinaikli bilang Ang Salita), na ipinahayag ni Cristo ng mga Huling Araw, ang Makapangyarihang Diyos, ay kasalukuyang binubuo ng anim na volume: Ang Unang Volume, Ang Pagpapakita at Gawain ng Diyos; ang Ikalawang Volume, Ukol sa Pagkakilala sa Diyos; ang Ikatlong Volume, Ang mga Diskurso ni Cristo ng mga Huling Araw; ang Ikaapat na Volume, Paglalantad sa mga Anticristo; ang Ikalimang Volume, Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa; at ang Ikaanim na Volume, Ukol sa Paghahangad sa Katotohanan.

Lahat ng karapatan ay nakalaan. Walang bahagi ng lathalaing ito ang maaaring gawan ng kopya o ipamigay sa anumang anyo o sa anumang paraan, elektroniko man o mekanikal, kabilang na ang pagpapa-photocopy, pagre-record, o anumang sistema ng pag-iimbak o muling pagkuha ng impormasyon, nang walang nakasulat na pahintulot ng may-ari ng karapatang-sipi.

Dapat ipadala ang mga kahilingan para sa impormasyon sa:
contact.tl@kingdomsalvation.org

Ang nilalaman ng aklat na ito ay isinalin at iwinasto nang buo ng mga propesyonal na dalubwika. Gayunpaman, maaaring mayroon pa ring kaunting kamalian. Kung may hinala kayong gayong kamalian, mangyaring sumangguni sa orihinal na teksto sa wikang Chinese. Mangyaring huwag ding mag-atubiling kontakin kami, upang mai-update ang aklat kapag muli itong inilathala.

Inilathala ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos
<https://tl.godfootsteps.org>

Paunang Salita

Bagama't maraming taong naniniwala sa Diyos, kakaunti ang nakakaunawa kung ano ang kahulugan ng pananampalataya sa Diyos, at kung ano ang kailangan nilang gawin upang makaayon sa kalooban ng Diyos. Ito ay dahil, bagama't pamilyar ang mga tao sa salitang "Diyos" at sa mga pariralang tulad ng "ang gawain ng Diyos," hindi nila kilala ang Diyos, at lalong hindi nila alam ang Kanyang gawain. Hindi nakapagtataka, kung gayon, na lahat ng hindi nakakakilala sa Diyos ay nalilito sa kanilang paniniwala sa Kanya. Hindi sineseryoso ng mga tao ang kanilang paniniwala sa Diyos, at ito ay dahil lamang sa masyado silang hindi pamilyar sa paniniwala sa Diyos, masyado itong kakaiba para sa kanila. Sa ganitong paraan, hindi sila makaabot sa mga hinihiling ng Diyos. Sa madaling salita, kung hindi kilala ng mga tao ang Diyos at hindi alam ang Kanyang gawain, hindi sila akmang kasangkapanin ng Diyos, at lalong hindi nila magagawang palugurin ang Kanyang kalooban. Ang "paniniwala sa Diyos" ay nangangahulugan ng paniniwala na mayroong Diyos; ito ang pinakasimpleng konsepto patungkol sa paniniwala sa Diyos. Bukod pa ryan, ang paniniwala na mayroong Diyos ay hindi kapareho ng tunay na paniniwala sa Diyos; sa halip, ito ay isang uri ng simpleng pananampalataya na may matitinding kahulugang pangrelihiyon. Ang ibig sabihin ng tunay na pananampalataya sa Diyos ay ang mga sumusunod: Batay sa paniniwala na ang Diyos ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay, dinaranas ng isang tao ang Kanyang mga salita at Kanyang gawain, inaalís ang tiwaling disposisyon ng isang tao, pinalulugod ang kalooban ng Diyos, at nakikilala ang Diyos. Ganitong uri lamang ng paglalakbay sa buhay ang matatawag na "pananampalataya sa Diyos." Subalit madalas ituring ng mga tao ang paniniwala sa Diyos bilang isang simple at walang-kabuluhang bagay. Nawala na sa mga taong naniniwala sa Diyos sa ganitong paraan ang kahulugan ng paniniwala sa Diyos, at bagama't maaari silang patuloy na maniwala hanggang sa kahuli-hulihan, hindi nila kailanman matatamo ang pagsang-ayon ng Diyos, dahil tumatahak sila sa maling landas. Mayroon pa ring mga naniniwala sa Diyos ngayon ayon sa mga titik at sa hungkag na doktrina. Hindi nila alam na wala silang diwa ng paniniwala sa Diyos, at hindi nila matatanggap ang pagsang-ayon ng Diyos. Nagdarasal pa rin sila sa Diyos para mapagpala ng kapayapaan at sapat na biyaya. Huminto tayo, patahimikin natin ang ating puso, at itanong sa ating sarili: Maaari kaya na ang paniniwala sa Diyos talaga ang pinakamadaling bagay sa lupa? Maaari kaya na ang paniniwala sa Diyos ay nangangahulugan lamang ng pagtanggap ng maraming biyaya mula sa Diyos? Talaga bang ang mga taong naniniwala sa Diyos nang hindi Siya nakikilala o naniniwala sa Diyos subalit kinakalaban Siya ay napapalugod ang kalooban ng Diyos?

Ang Diyos at ang tao ay hindi maaaring banggitin nang magkapantay. Ang Kanyang diwa at Kanyang gawain ay pinakamahirap na maaarok at maintindihan ng tao. Kung hindi personal na ginagawa ng Diyos ang Kanyang gawain at sinasambit ang Kanyang mga salita sa mundo ng tao, hindi mauunawaan ng tao ang kalooban ng Diyos

kailanman. Kaya nga, kahit yaong mga naglaan na ng kanilang buong buhay sa Diyos ay hindi matatanggap ang Kanyang pagsang-ayon. Kung hindi sinimulan ng Diyos ang Kanyang gawain, gaano man kahusay gumawa ang tao, mababalewala iyon, dahil ang mga iniisip ng Diyos ay laging magiging mas mataas kaysa mga iniisip ng tao, at ang karunungan ng Diyos ay hindi kayang maintindihan ng tao. Kaya nga sinasabi Ko na yaong mga nagsasabing “lubos na nauunawaan” nila ang Diyos at ang Kanyang gawain ay walang kakayahan; lahat sila ay hambog at mangmang. Hindi dapat bigyang-kahulugan ng tao ang gawain ng Diyos; bukod pa ryan, hindi kayang ilarawan ng tao ang gawain ng Diyos. Sa mga mata ng Diyos, ang tao ay hamak na tulad ng isang langgam; kaya paano maaarok ng tao ang gawain ng Diyos? Yaong mga gustong magsabi na, “Ang Diyos ay hindi gumagawa sa ganito o ganoong paraan,” o “Ang Diyos ay ganito o ganoon”—hindi ba sila mayabang magsalita? Dapat nating kilalaning lahat na ang tao, na may laman, ay nagawang tiwali ni Satanas. Ang pinakalikas na pagkatao ng sangkatauhan ay laban sa Diyos. Hindi maaaring pumantay ang sangkatauhan sa Diyos, lalong hindi kaya ng sangkatauhan na umasang magpayo sa gawain ng Diyos. Patungkol sa kung paano ginagabayan ng Diyos ang tao, ito ang gawain ng Diyos Mismo. Akma na dapat magpasakop ang tao, nang hindi nagpapahayag ng ganito o ganoong pananaw, sapagkat ang tao ay alabok lamang. Yamang ang ating layunin ay hanapin ang Diyos, hindi natin dapat pangibabawin ang ating mga kuru-kuro sa gawain ng Diyos para isaalang-alang ng Diyos, lalong hindi natin dapat gamitin nang husto ang ating tiwaling disposisyon para sadyang labanan ang gawain ng Diyos. Hindi ba tayo gagawin niyan na mga anticristo? Paano nagagawa ng gayong mga tao na maniwala sa Diyos? Yamang naniniwala tayo na mayroong Diyos, at yamang nais nating palugurin Siya at makita Siya, dapat nating hanapin ang daan ng katotohanan, at dapat tayong humanap ng daan upang makaayon ng Diyos. Hindi tayo dapat makipagmatigasan sa paglaban sa Kanya. Anong kabutihan ang posibleng mangyari sa gayong mga pagkilos?

Ngayon, nakagawa na ang Diyos ng bagong gawain. Maaaring hindi mo magawang tanggapin ang mga salitang ito, at maaaring tila kakaiba ito sa iyo, ngunit ang ipapayo Ko sa iyo ay huwag ilantad ang iyong naturalesa, sapagkat yaon lamang mga tunay na nagugutom at nauuhaw sa katuwiran sa harap ng Diyos ang maaaring magtamo ng katotohanan, at yaon lamang mga tunay na matapat ang maliliwanagan at magagabayan Niya. Natatamo ang mga resulta sa pamamagitan ng paghahanap sa katotohanan nang may mahinahong kapanatagan, hindi sa pakikipag-away at pakikipagtalo. Kapag sinabi kong “ngayon, nakagawa ang Diyos ng bagong gawain,” tinutukoy Ko ang pagbabalik ng Diyos sa katawang-tao. Marahil ay hindi nakakaligalig sa iyo ang mga salitang ito; marahil ay kinamumuhian mo ang mga ito; o marahil pa nga ay may malaking interes ka sa mga iyon. Anuman ang sitwasyon, sana ay kayang harapin ng lahat ng tunay na nasasabik na magpakita ang Diyos ang katunayang ito at mabigyan ito ng kanilang maingat na pagsusuri, sa halip na magsalita nang patapos tungkol dito; iyan ang dapat gawin ng isang matalinong tao.

Hindi mahirap magsiyasat tungkol sa gayong bagay, ngunit kinakailangan nito na malaman ng bawat isa sa atin ang katotohanang ito: Siya na Diyos na nagkatawang-tao ay magtataglay ng diwa ng Diyos, at Siya na Diyos na nagkatawang-tao ay magtataglay ng pagpapahayag ng Diyos. Dahil ang Diyos ay naging tao, ilalahad Niya ang gawaing layon Niyang gawin, at dahil ang Diyos ay naging tao, ipapahayag Niya kung ano Siya, at magagawa Niyang ihatid ang katotohanan sa tao, pagkalooban siya ng buhay, at ituro ang daan para sa kanya. Ang katawang-tao na walang diwa ng Diyos ay tiyak na hindi ang Diyos na nagkatawang-tao; walang duda ito. Kung layon ng tao na magsiyasat kung ito ang katawang-tao ng Diyos, kailangan niyang patunayan ito mula sa disposisyon na Kanyang ipinapahayag at sa mga salitang Kanyang sinasambit. Ibig sabihin, patunayan kung ito nga ang katawang-tao ng Diyos o hindi, at kung ito nga ang tunay na daan o hindi, kailangan itong matukoy batay sa Kanyang diwa. Kaya nga, sa pagtukoy kung ito ang katawan ng Diyos na nagkatawang-tao, ang sagot ay nasa Kanyang diwa (Kanyang gawain, Kanyang mga pagbigkas, Kanyang disposisyon, at maraming iba pang aspeto), sa halip na sa panlabas na anyo. Kung ang susuriin lamang ng tao ay ang Kanyang panlabas na anyo, at dahil dito ay hindi napansin ang Kanyang diwa, ipinapakita niyan na ang tao ay mangmang at walang alam. Hindi matutukoy ang diwa sa panlabas na anyo; bukod pa ryan, ang gawain ng Diyos ay hindi kailanman maaaring umayon sa mga kuru-kuro ng tao. Hindi ba ang panlabas na anyo ni Jesus ay salungat sa mga kuru-kuro ng tao? Hindi ba ang Kanyang mukha at pananamit ay hindi nakapagbigay ng anumang mga palatandaan tungkol sa Kanyang tunay na identidad? Hindi ba kinontra ng mga sinaunang Pariseo si Jesus dahil mismo sa tiningnan lamang nila ang Kanyang panlabas na anyo, at hindi nila isinapuso ang mga salitang nagmula sa Kanyang bibig? Inaasahan Ko na hindi na uulitin ng bawat isang kapatid na naghahangad sa pagpapakita ng Diyos ang trahedya ng kasaysayan. Huwag kayong maging mga Pariseo ng makabagong panahon na muling magpapako sa Diyos sa krus. Dapat ninyong isiping mabuti kung paano malugod na sasalubungin ang pagbabalik ng Diyos, at dapat kayong magkaroon ng malinaw na isipan kung paano maging isang taong nagpapasakop sa katotohanan. Ito ang responsibilidad ng bawat isang naghihintay na bumalik si Jesus sakay ng ulap. Dapat nating kusutin ang ating espirituwal na mga mata para luminaw, at hindi tayo dapat malubog sa mga salita ng labis-labis na pantasya. Dapat nating pag-isipan ang praktikal na gawain ng Diyos, at tingnan ang praktikal na aspeto ng Diyos. Huwag magpatangay o magpadala sa inyong mga pangangarap nang gising, na laging nananabik sa araw na ang Panginoong Jesus, na nakasakay sa ulap, ay biglang bumaba sa inyo, at dalhin kayong mga hindi nakakilala o nakakita sa Kanya kailanman, at hindi nakakaalam kung paano gawin ang Kanyang kalooban. Mas mabuti pang pag-isipan ang mas praktikal na mga bagay!

Maaaring nabuksan mo na ang aklat na ito para sa layuning magsaliksik, o sa hangaring tanggapin ito; anuman ang iyong saloobin, umaasa Akong babasahin mo ito hanggang dulo, at hindi mo ito agad isasantabi. Marahil, matapos basahin ang mga

salitang ito, magbabago ang iyong saloobin, ngunit depende iyan sa iyong motibo at antas ng iyong pag-unawa. Gayunman, may isang bagay kang dapat malaman: Ang salita ng Diyos ay hindi maaaring ituring na salita ng tao, at lalong hindi maaaring ituring ang salita ng tao na salita ng Diyos. Ang isang taong kinakasangkapan ng Diyos ay hindi ang Diyos na nagkatawang-tao, at ang Diyos na nagkatawang-tao ay hindi ang taong kinakasangkapan ng Diyos. Dito, mayroong malaking pagkakaiba. Marahil, matapos basahin ang mga salitang ito, hindi mo tinatanggap ang mga iyon bilang mga salita ng Diyos, kundi bilang kaliwanagan lamang na natamo ng tao. Kung gayon, binubulag ka ng kamangmangan. Paano magiging kapareho ng kaliwanagang natamo ng tao ang mga salita ng Diyos? Ang mga salita ng Diyos na nagkatawang-tao ay nagpapasimula ng isang bagong kapanahunan, ginagabayan ang buong sangkatauhan, naghahayag ng mga hiwaga, at ipinapakita sa tao ang direksyong dapat niyang sundan sa bagong kapanahunan. Ang kaliwanagang natamo ng tao ay simpleng tagubilin lamang na isasagawa o para sa kaalaman. Hindi nito magagabayan ang buong sangkatauhan sa isang bagong kapanahunan o maihahayag ang mga hiwaga ng Diyos Mismo. Pagkatapos ng lahat, ang Diyos ay Diyos, at ang tao ay tao. Ang Diyos ay may diwa ng Diyos, at ang tao ay may diwa ng tao. Kung ituturing ng tao ang mga salitang sinambit ng Diyos bilang simpleng kaliwanagan ng Banal na Espiritu, at ituturing ang mga salita ng mga apostol at propeta bilang mga salitang personal na sinambit ng Diyos, pagkakamali iyan ng tao. Ano't anuman, kailanma'y hindi mo dapat pagkamalang tama ang mali, o ibaba ang mataas, o pagkamalang mababaw ang malalim; ano't anuman, kailanma'y hindi mo dapat sadyang pabulaanan ang alam mong katotohanan. Lahat ng naniniwala na mayroong Diyos ay dapat siyasatin ang mga problema mula sa tamang pananaw, at tanggapin ang bagong gawain ng Diyos at Kanyang bagong mga salita mula sa pananaw ng Kanyang nilalang; kung hindi, aalisin sila ng Diyos.

Pagkatapos ng gawain ni Jehova, naging tao si Jesus upang gawin ang Kanyang gawain sa mga tao. Ang Kanyang gawain ay hindi isinagawa nang nakahiwalay, kundi nakabatay sa gawain ni Jehova. Iyon ay gawain para sa isang bagong kapanahunan na ginawa ng Diyos nang matapos Niya ang Kapanahunan ng Kautusan. Gayundin, nang matapos ang gawain ni Jesus, nagpatuloy ang Diyos sa Kanyang gawain para sa susunod na kapanahunan, dahil ang buong pamamahala ng Diyos ay palaging sumusulong. Kapag lumipas ang lumang kapanahunan, papalitan ito ng isang bagong kapanahunan, at kapag natapos na ang lumang gawain, magkakaroon ng bagong gawain para ipagpatuloy ang pamamahala ng Diyos. Ang pagkakatawang-taong ito ay ang ikalawang pagkakatawang-tao ng Diyos, na sinusundan ang gawain ni Jesus. Siyempre pa, ang pagkakatawang-taong ito ay hindi nangyayaring mag-isa; ito ang pangatlong yugto ng gawain pagkatapos ng Kapanahunan ng Kautusan at ng Kapanahunan ng Biyaya. Tuwing nagpapasimula ang Diyos ng isang bagong yugto ng gawain, kailangan ay palaging may isang bagong simula at kailangang maghatid ito ng isang bagong kapanahunan. Mayroon ding mga kaukulang pagbabago sa disposisyon

ng Diyos, sa paraan ng Kanyang paggawa, sa lokasyon ng Kanyang gawain, at sa Kanyang pangalan. Hindi nakapagtataka, kung gayon, na mahirap para sa tao na tanggapin ang gawain ng Diyos sa bagong kapanahunan. Ngunit paano man Siya nilalabanan ng tao, laging ginagawa ng Diyos ang Kanyang gawain, at laging inaakay ang buong sangkatauhan pasulong. Nang pumarito si Jesus sa mundo ng tao, pinasimulan Niya ang Kapanahunan ng Biyaya at winakasan ang Kapanahunan ng Kautusan. Sa mga huling araw, minsan pang naging tao ang Diyos, at sa pagkakatawang-taong ito ay winakasan Niya ang Kapanahunan ng Biyaya at pinasimulan ang Kapanahunan ng Kaharian. Lahat ng nagagawang tumanggap sa ikalawang pagkakatawang-tao ng Diyos ay aakayin tungo sa Kapanahunan ng Kaharian, at bukod pa ryan ay magagawang personal na tumanggap ng patnubay ng Diyos. Bagama't maraming gawaing ginawa si Jesus sa tao, kumpleto lamang Niya ang pagtubos sa buong sangkatauhan at naging handog dahil sa kasalanan ng tao; hindi Niya inalis ang lahat ng tiwaling disposisyon ng tao. Ang lubos na pagliligtas sa tao mula sa impluwensya ni Satanas ay hindi lamang kinailangan ni Jesus na maging handog dahil sa kasalanan at pasanin ang mga kasalanan ng tao, kundi kinailangan din ng Diyos na gumawa ng mas malaki pang gawain upang ganap na alisin sa tao ang kanyang maka-Satanas na tiwaling disposisyon. Kaya nga, ngayong napatawad na ang tao sa kanyang mga kasalanan, nagbalik na ang Diyos sa katawang-tao upang akayin ang tao tungo sa bagong kapanahunan, at sinimulan ang gawain ng pagkastigo at paghatol. Ang gawaing ito ay naghatid sa tao sa isang mas mataas na dako. Lahat ng nagpapasakop sa Kanyang kapamahalaan ay magtatamasa ng mas mataas na katotohanan at tatanggap ng mas malalaking pagpapala. Tunay silang mabubuhay sa liwanag, at matatamo nila ang katotohanan, ang daan, at ang buhay.

Kung mananatiling nakagapos ang mga tao sa Kapanahunan ng Biyaya, hindi nila maaalis kailanman ang kanilang tiwaling disposisyon, lalong hindi nila malalaman ang likas na disposisyon ng Diyos. Kung palaging mabubuhay ang mga tao sa gitna ng kasaganaan ng biyaya, ngunit wala sa kanila ang daan ng buhay na nagtutulot sa kanila na makilala ang Diyos at mapalugod Siya, hindi nila Siya tunay na matatamo kailanman sa kanilang paniniwala sa Kanya. Kaawa-awa talaga ang ganitong uri ng paniniwala. Kapag natapos mo nang basahin ang aklat na ito, kapag naranasan mo na ang bawat hakbang ng gawain ng Diyos na nagkatawang-tao sa Kapanahunan ng Kaharian, madarama mo na ang mga hangaring taglay mo sa loob ng maraming taon ay natupad na rin sa wakas. Madarama mo na ngayon mo lamang tunay na nakita ang Diyos nang harapan; ngayon mo lamang natitigan ang Kanyang mukha, narinig ang Kanyang personal na mga pagbigkas, napahalagahan ang karunungan ng Kanyang gawain, at tunay na nadama kung gaano Siya katotoo at kamakapangyarihan sa lahat. Madarama mo na maraming bagay kang nakamtan na hindi pa nakita ni natamo ng mga tao noong nakalipas na mga panahon. Sa panahong ito, malinaw mong malalaman kung ano ang maniwal sa Diyos, at kung ano ang umayon sa kalooban ng Diyos. Siyempre pa, kung

kakapit ka sa mga pananaw ng nakaraan, at aayawan o tatanggihan mo ang katunayan ng pangalawang pagkakatawang-tao ng Diyos, mananatili kang walang napala, walang natamo, at sa huli ay ipapahayag kang nagkasala ng paglaban sa Diyos. Yaong mga sumusunod sa katotohanan at nagpapasakop sa gawain ng Diyos ay aangkinin sa ilalim ng pangalan ng pangalawang Diyos na nagkatawang-tao—ang Makapangyarihan sa lahat. Matatanggap nila ang personal na patnubay ng Diyos, na nagtatamo ng mas marami at mas matataas na katotohanan, at ng tunay na buhay. Mamamasdan nila ang pangitaing hindi pa nakita kailanman ng mga tao noong araw: “At ako’y lumingon upang makita ang tinig na kumausap sa akin. At nang ako’y lumingon, nakita ko ang pitong kandelerong ginto: At sa gitna ng mga kandelerong ay may isang katulad ng isang Anak ng tao, na may suot na damit hanggang sa paa, at may bigkis ang dibdib na isang pamigkis na ginto. At ang Kanyang ulo at ang Kanyang buhok ay mapuputing gaya ng balahibong maputi ng tupa, gaya ng niebe; at ang Kanyang mga mata ay gaya ng ningas ng apoy; at ang Kanyang mga paa ay katulad ng tansong binuli, na gaya ng dinalisay sa isang lutuang-bakal; at ang Kanyang tinig ay gaya ng lagaslas ng maraming tubig. At sa Kanyang kanang kamay ay may pitong bituin: at sa Kanyang bibig ay lumabas ang isang matalas na tabak na may dalawang talim: at ang Kanyang mukha ay gaya ng araw na sumisikat ng matindi” (Pahayag 1:12–16). Ang pangitaing ito ay pagpapahayag ng buong disposisyon ng Diyos, at ang pagpapahayag ng Kanyang buong disposisyon ay pagpapahayag din ng gawain ng Diyos sa Kanyang kasalukuyang pagkakatawang-tao. Sa mga pagdagsa ng mga pagkastigo at paghatol, ipinapahayag ng Anak ng tao ang Kanyang likas na disposisyon sa pamamagitan ng mga pagbigkas, na nagtutulot sa lahat ng tumatanggap ng Kanyang pagkastigo at paghatol na makita ang tunay na mukha ng Anak ng tao, na isang matapat na paglalarawan ng mukha ng Anak ng tao na nakita ni Juan. (Siyempre pa, lahat ng ito ay hindi makikita ng mga hindi tumatanggap sa gawain ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian.) Ang tunay na mukha ng Diyos ay hindi maaaring ganap na bigkasin nang maliwanag gamit ang pananalita ng tao, kaya nga ginagamit ng Diyos ang paraan ng Kanyang pagpapahayag sa Kanyang likas na disposisyon upang ipakita sa tao ang Kanyang tunay na mukha. Na ibig sabihin ay lahat ng nagpahalaga sa likas na disposisyon ng Anak ng tao ay nakita na ang tunay na mukha ng Anak ng tao, sapagkat napakadakila ng Diyos at hindi maaaring lubos na mabigkas nang maliwanag gamit ang pananalita ng tao. Kapag naranasan na ng tao ang bawat hakbang ng gawain ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian, malalaman niya ang tunay na kahulugan ng mga salita ni Juan nang banggitin niya ang Anak ng tao sa mga ilawan: “Ang Kanyang ulo at ang Kanyang buhok ay mapuputing gaya ng balahibong maputi ng tupa, gaya ng niebe; at ang Kanyang mga mata ay gaya ng ningas ng apoy; at ang Kanyang mga paa ay katulad ng tansong binuli, na gaya ng dinalisay sa isang lutuang-bakal; at ang Kanyang tinig ay gaya ng lagaslas ng maraming tubig. At sa Kanyang kanang kamay ay may pitong bituin: at sa Kanyang bibig ay lumabas ang isang matalas na tabak na may dalawang talim: at ang Kanyang mukha ay gaya ng araw na

sumisikat ng matindi.” Noong panahong iyon, malalaman mo nang walang anumang pagdududa na ang ordinaryong katawan na ito na napakaraming nasabi ay hindi maikakailang ang pangalawang Diyos na nagkatawang-tao. Bukod pa ryan, madarama mo talaga kung gaano ka kapalad, at madarama mo sa sarili mo na ikaw ang pinakamapalad. Hindi ka ba handang tanggapin ang pagpapalang ito?

Ang unang bahagi ng aklat na ito ay “Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula.” Ang mga salitang ito ay kumakatawan sa paglipat mula sa katapusan ng Kapanahunan ng Biyaya tungo sa simula ng Kapanahunan ng Kaharian, at ito ang patotoo ng Banal na Espiritu sa publiko tungkol sa Anak ng tao sa mga iglesia. Ito rin ang katuparan ng mga salitang ito sa Pahayag: “Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.” Ang mga salitang ito ay kumakatawan sa paunang yugto ng gawain na sinimulan ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian. Ang pangalawang bahagi ng aklat na ito ay binubuo ng mga salitang personal na sinambit ng Anak ng tao matapos Niyang pormal na ihayag ang Kanyang Sarili. Kasama rito ang ilang uri ng mga pagbigkas at mga salita, tulad ng propesiya, ang paghahayag ng mga hiwaga, at ang daan ng buhay, na ang nilalaman ay medyo sagana—may mga hula para sa hinaharap ng kaharian, mga paghahayag ng mga hiwaga ng plano ng pamamahala ng Diyos, pagsusuri sa likas na pagkatao ng tao, mga payo at babala, mahihigpit na paghatol, taos-pusong mga salita ng kaaliwan, pagtalakay sa buhay, diskurso tungkol sa pagpasok, at iba pa. Sa madaling salita, kung ano ang mayroon ang Diyos at kung ano Siya, gayundin ang disposisyon ng Diyos, ay ipinapahayag lahat sa Kanyang gawain at Kanyang mga salita. Siyempre pa, ang gawain ng Diyos sa kasalukuyang pagkakatawang-tao ay upang ipahayag ang Kanyang disposisyon una sa lahat sa pamamagitan ng pagkastigo at paghatol. Batay sa pundasyong ito, naghahatid Siya ng dagdag na katotohanan sa tao at nagtuturo sa kanya ng iba pang mga paraan ng pagsasagawa, sa gayon ay nakakamit ang Kanyang layuning lupigin ang tao at iligtas siya mula sa kanyang sariling tiwaling disposisyon. Ito ang nasa likod ng gawain ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian. Nais mo bang pumasok sa bagong kapanahunan? Nais mo bang alisin sa iyong sarili ang tiwaling disposisyon? Nais mo bang magtamo ng mas mataas na katotohanan? Nais mo bang makita ang tunay na mukha ng Anak ng tao? Nais mo bang magkaroon ng kabuluhan ang buhay na ito? Nais mo bang magawang perpekto ng Diyos? Kung gayon ay paano mo malugod na sasalubungin ang pagbalik ni Jesus?

TALAAN NG MGA NILALAMAN

UNANG BAHAGI

MGA PAGBIGKAS NI CRISTO SA PASIMULA

ANG MGA SALITA NG BANAL NA ESPIRITU SA MGA IGLESIA

(PEBRERO 11, 1991 HANGGANG NOBYEMBRE 20, 1991)

Panimula	2
Kabanata 1	9
Kabanata 2	10
Kabanata 3	12
Kabanata 4	13
Kabanata 5	14
Kabanata 6	15
Kabanata 7	16
Kabanata 8	18
Kabanata 9	21
Kabanata 10	24
Kabanata 11	25
Kabanata 12	26
Kabanata 13	28
Kabanata 14	34
Kabanata 15	36
Kabanata 16	39
Kabanata 17	40
Kabanata 18	43
Kabanata 19	44
Kabanata 20	47
Kabanata 21	49
Kabanata 22	51
Kabanata 23	53
Kabanata 24	54
Kabanata 25	55
Kabanata 26	56
Kabanata 27	57

Kabanata 28.....	58
Kabanata 29.....	60
Kabanata 30.....	61
Kabanata 31.....	61
Kabanata 32.....	62
Kabanata 33.....	63
Kabanata 34.....	64
Kabanata 35.....	67
Kabanata 36.....	69
Kabanata 37.....	72
Kabanata 38.....	73
Kabanata 39.....	74
Kabanata 40.....	75
Kabanata 41.....	76
Kabanata 42.....	78
Kabanata 43.....	79
Kabanata 44.....	80
Kabanata 45.....	82
Kabanata 46.....	83
Kabanata 47.....	85
Kabanata 48.....	86
Kabanata 49.....	87
Kabanata 50.....	88
Kabanata 51.....	89
Kabanata 52.....	91
Kabanata 53.....	92
Kabanata 54.....	93
Kabanata 55.....	94
Kabanata 56.....	95
Kabanata 57.....	97
Kabanata 58.....	99
Kabanata 59.....	99
Kabanata 60.....	101
Kabanata 61.....	102
Kabanata 62.....	104
Kabanata 63.....	106

Kabanata 64.....	109
Kabanata 65.....	111
Kabanata 66.....	113
Kabanata 67.....	114
Kabanata 68.....	116
Kabanata 69.....	118
Kabanata 70.....	120
Kabanata 71.....	123
Kabanata 72.....	125
Kabanata 73.....	127
Kabanata 74.....	129
Kabanata 75.....	131
Kabanata 76.....	133
Kabanata 77.....	136
Kabanata 78.....	139
Kabanata 79.....	142
Kabanata 80.....	145
Kabanata 81.....	148
Kabanata 82.....	151
Kabanata 83.....	155
Kabanata 84.....	158
Kabanata 85.....	161
Kabanata 86.....	165
Kabanata 87.....	167
Kabanata 88.....	170
Kabanata 89.....	174
Kabanata 90.....	176
Kabanata 91.....	179
Kabanata 92.....	183
Kabanata 93.....	186
Kabanata 94.....	188
Kabanata 95.....	192
Kabanata 96.....	197
Kabanata 97.....	200
Kabanata 98.....	204
Kabanata 99.....	208

Kabanata 100	212
Kabanata 101	216
Kabanata 102	220
Kabanata 103	224
Kabanata 104	228
Kabanata 105	231
Kabanata 106	235
Kabanata 107	239
Kabanata 108	244
Kabanata 109	248
Kabanata 110	252
Kabanata 111	257
Kabanata 112	261
Kabanata 113	265
Kabanata 114	269
Kabanata 115	272
Kabanata 116	276
Kabanata 117	280
Kabanata 118	282
Kabanata 119	285
Kabanata 120	288

IKALAWANG BAHAGI

MGA SALITA NG DIYOS SA BUONG SANSINUKOB

(PEBRERO 20, 1992 HANGGANG HUNYO 1, 1992)

Panimula	294
Kabanata 1	296
Kabanata 2	298
Kabanata 3	299
Kabanata 4	301
Kabanata 5	304
Kabanata 6	308
Kabanata 7	311
Kabanata 8	313

Kabanata 9	317
Kabanata 10	320
Awit ng Kaharian	324
Kabanata 11	326
Kabanata 12	330
Kabanata 13	333
Kabanata 14	336
Kabanata 15	340
Kabanata 16	344
Kabanata 17	347
Kabanata 18	351
Kabanata 19	355
Kabanata 20	359
Kabanata 21	362
Kabanata 22	366
Kabanata 23	369
Kabanata 24	373
Kabanata 25	377
Magalak Kayong Lahat na mga Tao!	380
Kabanata 26	381
Kabanata 27	385
Kabanata 28	389
Kabanata 29	392
Kabanata 30	396
Kabanata 31	400
Kabanata 32	403
Kabanata 33	407
Kabanata 34	411
Kabanata 35	414
Kabanata 36	418
Kabanata 37	422
Kabanata 38	424
Kabanata 39	428
Kabanata 40	431
Kabanata 41	435
Kabanata 42	438

Kabanata 43.....	442
Kabanata 44.....	446
Kabanata 45.....	449
Kabanata 46.....	453
Kabanata 47.....	456

APENDISE

MGA PAKAHULUGAN SA MGA HIWAGA NG “MGA SALITA NG DIYOS SA BUONG SANSINUKOB”

Kabanata 1.....	462
Kabanata 3.....	466
Kabanata 4.....	472
Kabanata 5.....	479
Kabanata 6.....	483
Tungkol sa Buhay ni Pedro	490
Kabanata 8.....	496
Kabanata 9.....	499
Karagdagan: Kabanata 1	505
Kabanata 10.....	508
Kabanata 11.....	513
Karagdagan: Kabanata 2	518
Kabanata 12.....	521
Kabanata 13.....	528
Kabanata 14.....	533
Kabanata 15.....	537
Kabanata 16.....	544
Kabanata 17.....	550
Kabanata 18.....	556
Kabanata 19.....	561
Kabanata 20.....	565
Kabanata 21.....	569
Kabanata 22 at 23.....	572
Kabanata 24 at 25.....	577
Kabanata 26.....	581
Kabanata 27.....	585

Kabanata 28	590
Kabanata 29	593
Kabanata 30	597
Kabanata 31	602
Kabanata 32	604
Kabanata 33	610
Kabanata 35	613
Kabanata 36	618
Kabanata 38	623
Kabanata 39	627
Kabanata 40	630
Kabanata 41	633
Kabanata 42	638
Kabanata 44 at 45	643
Kabanata 46	645

IKATLONG BAHAGI

ANG MGA SALITA NI CRISTO NANG SIYA'Y NAGLAKAD SA MGA IGLESIA

(HUNYO 1992 HANGGANG MARSO 23, 2010)

Panimula	650
-----------------------	-----

I

(HUNYO 1992 HANGGANG OKTUBRE 1992)

Ang Landas ... 1	656
Ang Landas ... 2	659
Ang Landas ... 3	664
Ang Landas ... 4	668
Ang Landas ... 5	672
Ang Landas ... 6	676
Ang Landas ... 7	681
Ang Landas ... 8	685
Ang Pananaw na Dapat Panghawakan ng mga Mananampalataya	690

Tungkol sa mga Hakbang ng Gawain ng Diyos	692
Ang Tiwaling Tao ay Walang Kakayahang Kumatawan sa Diyos	694
Kailangang Maalis ang Paglilingkod na Pangrelihiyon	696
Sa Pananampalataya Mo sa Diyos, Dapat Kang Sumunod sa Diyos	699
Napakahalagang Magtatag ng Isang Normal na Kaugnayan sa Diyos	702
Ang Normal na Espirituwal na Buhay ay Inaakay ang mga Tao Patungo sa Tamang Landas	706
Ang mga Pangako sa Yaong mga Nagawang Perpekto	709
Ang Masama ay Tiyak na Parurusahan	713
Paano Pumasok sa Normal na Kalagayan.....	717
Paano Maglingkod na Kaayon ng Kalooban ng Diyos	720
Paano Makikilala ang Realidad	725
Hinggil sa Isang Normal na Espirituwal na Buhay	728
Pagtalakay sa Buhay Iglesia at sa Tunay na Buhay	731
Tungkol sa Pagganap ng Bawat Isa sa Kanilang Tungkulin	737
Tungkol sa Paggamit ng Diyos sa Tao.....	739
Sa Sandaling Maunawaan Ninyo ang Katotohanan, Dapat Ninyo Itong Isagawa.....	741
Ang Isang Taong Nagkakamit ng Kaligtasan ay Yaong Nakahandang Isagawa ang Katotohanan	745
Ang Nararapat na Isangkap sa Isang Katanggap-tanggap na Pastol	748
Tungkol sa Karanasan	750
Ang mga Kautusan ng Bagong Kapanahunan	753
Dumating Na ang Milenyong Kaharian.....	756
Kumusta ang Kaugnayan Mo sa Diyos?	760
Magtuon ng Higit na Pansin sa Realidad	766
Pagsunod sa mga Kautusan at Pagsasagawa ng Katotohanan	772
Dapat Mong Malaman na ang Praktikal na Diyos ay ang Diyos Mismo	776
Pagsasagawa Lamang ng Katotohanan ang Pagtataglay ng Realidad	781
Pag-alam sa Gawain ng Diyos Ngayon.....	785
Simple ba ang Gawain ng Diyos na Tulad ng Inaakala ng Tao?	791
Dapat Kang Mamuhay Para sa Katotohanan Yamang Naniniwala Ka sa Diyos	795
Dumadagundong ang Pitong Kulog—Nagpopropesiya na ang Ebanghelyo ng Kaharian ay Lalaganap sa Buong Sansinukob	798
Ang Mahalagang Kaibhan sa Pagitan ng Diyos na Nagkatawang-tao at ng mga Taong Kinakasangkapan ng Diyos	801

Tumakas mula sa Impluwensya ng Kadiliman, at Kakamtin Ka ng Diyos	808
Sa Pananampalataya, Kailangang Magtuon ang Isang Tao sa Realidad—	
Ang Pagsali sa mga Pangrelihiyong Ritwal ay Hindi Pananampalataya	813
Tanging Yaong mga Nakababatid Lamang ng Gawain ng Diyos Ngayon ang	
Maaaring Paglingkuran ang Diyos	816
Ang Tunay na Pag-ibig sa Diyos ay Kusa	821
Tungkol sa Pagsasagawa ng Panalangin	827
Alamin ang Pinakabagong Gawain ng Diyos at Sumunod sa Kanyang	
mga Yapak	833
Ang mga Taong Nagbago Na ang Disposisyon ay Yaong mga Nakapasok Na	
sa Realidad ng mga Salita ng Diyos	843
Tungkol sa Pagpapatahimik sa Puso Mo sa Harap ng Diyos	849
Isaisip ang Kalooban ng Diyos para Makamit ang Pagiging Perpekto	855
Pineperpekto ng Diyos Yaong mga Kaayon ng Kanyang Puso	861
Ang mga Sumusunod sa Diyos Nang may Tapat na Puso ay Tiyak na	
Makakamit ng Diyos	866
Ang Kapanahunan ng Kaharian ay ang Kapanahunan ng Salita	872
Ang Lahat ay Nakakamit sa Pamamagitan ng Salita ng Diyos	882
Yaong mga Tunay na Nagmamahal sa Diyos ay Yaong mga Talagang	
Nagpapasakop sa Kanyang Pagiging Praktikal	893
Yaong mga Gagawing Perpekto ay Kailangang Sumailalim sa Pagpipino	900
Sa Pagdanas Lamang ng Masasakit na Pagsubok Mo Malalaman ang Pagiging	
Kaibig-ibig ng Diyos	913
Ang Pagmamahal Lamang sa Diyos ang Tunay na Pananampalataya sa Diyos	919
Isang Maikling Pagtalakay Tungkol sa “Dumating Na ang Milenyong Kaharian”	928
Ang mga Nakakakilala Lamang sa Diyos ang Maaaring Magpatotoo sa Diyos	932
Paano Nakilala ni Pedro si Jesus	939
Sa Pamamagitan Lamang ng Pagdanas ng Pagpipino Maaaring Magtaglay ang	
Tao ng Tunay na Pag-ibig	948
Ang mga Nagmamahal sa Diyos ay Mabubuhay Magpakailanman sa Kanyang	
Liwang	954
Yaon Lamang mga Nakatuon sa Pagsasagawa ang Mapeperpekto	963
Ang Gawain ng Banal na Espiritu at ang Gawain ni Satanas	970
Isang Babala sa mga Hindi Nagsasagawa ng Katotohanan	976
Dapat Mong Panatilihin ang Iyong Katapatan sa Diyos	981

Ikaw Ba ay Isang Taong Nabuhay Na?	991
Ang Hindi Pagbabago ng Disposisyon ay Pakikipag-alitan sa Diyos	995
Lahat ng Taong Hindi Nakakakilala sa Diyos ay mga Taong Sumasalungat sa Diyos	1001

II

(NOBYEMBRE 1992 HANGGANG HUNYO 1993)

Gawain at Pagpasok 1	1008
Gawain at Pagpasok 2	1011
Gawain at Pagpasok 3	1015
Gawain at Pagpasok 4	1021
Gawain at Pagpasok 5	1026
Gawain at Pagpasok 6	1032
Gawain at Pagpasok 7	1039
Gawain at Pagpasok 8	1046
Gawain at Pagpasok 9	1053
Gawain at Pagpasok 10	1060
Ang Pangitain ng Gawain ng Diyos 1	1070
Ang Pangitain ng Gawain ng Diyos 2	1075
Ang Pangitain ng Gawain ng Diyos 3	1083
Tungkol sa Bibliya 1	1100
Tungkol sa Bibliya 2	1110
Tungkol sa Bibliya 3	1113
Tungkol sa Bibliya 4	1119
Pagsasagawa 1	1123
Pagsasagawa 2	1135
Ang Hiwaga ng Pagkakatawang-tao 1	1141
Ang Hiwaga ng Pagkakatawang-tao 2	1154
Ang Hiwaga ng Pagkakatawang-tao 3	1160
Ang Hiwaga ng Pagkakatawang-tao 4	1168
Ginagawang Ganap ng Dalawang Pagkakatawang-tao ang Kabuluhan ng Pagkakatawang-tao	1184
Umiiral Ba ang Trinidad?	1192
Pagsasagawa 3	1203
Pagsasagawa 4	1209

Pagsasagawa 5.....	1214
Ang Katotohanang Nakapaloob sa Gawain ng Paglupig 1	1219
Bakit Ayaw Mong Maging Panghambing?.....	1230
Paano Nakakamtan ang mga Epekto ng Ikalawang Hakbang ng Gawain ng Paglupig	1242
Ang Katotohanang Nakapaloob sa Gawain ng Paglupig 2	1251
Ang Katotohanang Nakapaloob sa Gawain ng Paglupig 3	1256
Ang Katotohanang Nakapaloob sa Gawain ng Paglupig 4	1264
Pagsasagawa 6.....	1270
Pagsasagawa 7	1276
Pagsasagawa 8.....	1291
Maglingkod Gaya ng Ginawa ng mga Israelita.....	1295
Ang Pagpapataas ng Antas ng Kakayahan ay Alang-alang sa Pagtanggap ng Pagliligtas ng Diyos	1302
Ang Kabuluhan ng Pagliligtas sa mga Inapo ni Moab	1306
Ang mga Karanasan ni Pedro: Ang Kanyang Kaalaman sa Pagkastigo at Paghatol	1319
Kailangan Ninyong Maunawaan ang Gawain—Huwag Kayong Sumunod Nang May Pagkalito!	1341
Paano Mo Dapat Tahakin ang Huling Bahagi ng Landas	1347

III

(HULYO 1993 HANGGANG MARSO 1994)

Paano Mo Dapat Asikasuhin ang Misyong Mo sa Hinaharap?	1359
Ang Layunin ng Pamamahala sa Sangkatauhan	1360
Ang Pinakadiwa at Pagkakakilanlan ng Tao	1363
Ang Likas na Pagkakakilanlan ng Tao at ang Kanyang Halaga: Ano Talaga ang mga Ito?	1366
Yaong mga Hindi Natututo at Nananatiling Mangmang: Hindi Ba Sila mga Hayop?	1367
Hindi Kayang Kumatawan ng mga Taong Hinirang sa China sa Anumang Angkan ng Israel	1370
Ano ang Inyong Pagkaunawa sa mga Pagpapala?	1372
Ano ang Pagkaunawa Mo sa Diyos?	1374

Ang Kahulugan ng Maging Isang Tunay na Tao	1380
Ano ang Alam Mo sa Pananampalataya?	1385
Kapag ang mga Dahong Nalalaglag ay Bumalik sa mga Ugat Nito, Pagsisisihan Mo ang Lahat ng Kasamaang Nagawa Mo	1391
Walang Sinumang May Katawan ang Makakatakas sa Araw ng Poot.....	1396
Nakabalik Na ang Tagapagligtas Sakay ng Isang “Puting Ulap”	1402
Ang Gawain ng Pagpapalaganap ng Ebanghelyo ay ang Gawain Din ng Pagliligtas sa Tao	1406
Masyadong Hamak ang Pagkatao Ninyong Lahat!	1410
Ang Gawain sa Kapanahunan ng Kautusan	1415
Ang Totoong Kwento sa Likod ng Gawain sa Kapanahunan ng Pagtubos	1420
Mga Salita para sa mga Kabataan at Matatanda	1424
Dapat Mong Malaman Kung Paano Umunlad ang Buong Sangkatauhan Hanggang sa Kasalukuyang Araw	1430
Tungkol sa mga Pangalan at sa Pagkakakilanlan.....	1446
Tanging ang Nagawang Perpekto ang Makakapamuhay ng Makahulugang Buhay	1461
Dapat Mong Isantabi ang mga Pagpapala ng Katayuan at Unawain ang Kalooban ng Diyos na Maghatid ng Kaligtasan sa Tao	1470
Paano Maaaring Tumanggap ng mga Paghahayag ng Diyos ang Taong Nililimitahan ang Diyos sa Kanyang mga Kuru-kuro?	1478
Tanging ang mga Nakakikilala sa Diyos at Nakaaalam sa Kanyang Gawain ang Makapagbibigay-lugod sa Diyos	1483
Ang Pagkakaiba sa Pagitan ng Ministeryo ng Diyos na Nagkatawang-tao at ng Tungkulin ng Tao	1492
Ang Diyos ang Panginoon ng Lahat ng Nilikha	1500
Ano ang Paniniwala Mo sa Labintatlong Sulat ni Pablo?	1505
Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao	1512
Gawain ng Diyos at Gawain ng Tao	1527
Pag-alam sa Tatlong Yugto ng Gawain ng Diyos ang Landas Tungo sa Pagkilala sa Diyos	1547
Mas Kinakailangan ng Tiwaling Sangkatauhan ang Pagliligtas ng Diyos na Nagkatawang-tao	1564
Ang Diwa ng Katawang-taong Tinatahanan ng Diyos	1583
Ang Gawain ng Diyos at ang Pagsasagawa ng Tao	1595

Ang Diwa ni Cristo ay ang Pagsunod sa Kalooban ng Ama sa Langit.....	1615
Pagpapanumbalik ng Normal na Buhay ng Tao at Pagdadala sa Kanya sa Isang Kamangha-manghang Hantungan	1623
Papasok sa Pahinga ang Diyos at ang Tao Nang Magkasama	1643

IV

(1994 HANGGANG MARSO 23, 2010)

Kapag Namasdan Mo Na ang Espirituwal na Katawan ni Jesus, Napanibago na ng Diyos ang Langit at Lupa	1662
Yaong mga Hindi Kaayon ni Cristo ay Tiyak na mga Kalaban ng Diyos	1666
Marami ang Tinawag, Datapuwa't Kakaunti ang Nahirang	1670
Dapat Mong Hangarin ang Daan ng Pagiging Kaayon ni Cristo	1674
Isa Ka bang Tunay na Mananampalataya sa Diyos?	1677
Ginagawa ni Cristo ang Gawain ng Paghatol sa Pamamagitan ng Katotohanan	1681
Alam Mo Ba? Gumawa ang Diyos ng Dakilang Bagay sa Gitna ng mga Tao.....	1686
Tanging si Cristo ng mga Huling Araw ang Makapagbibigay sa Tao ng Daan ng Buhay na Walang Hanggan	1690
Maghanda ng Sapat na Mabubuting Gawa para sa Iyong Hantungan	1696
Kanino Ka Matapat?.....	1699
Tungkol sa Hantungan	1703
Tatlong Paalaala	1706
Ang mga Paglabag ay Magdadala sa Tao sa Impiyerno.....	1710
Napakahalagang Maintindihan ang Disposisyon ng Diyos	1715
Paano Mababatid ang Diyos na Nasa Lupa.....	1719
Isang Napakaseryosong Problema: Pagtataksil 1.....	1724
Isang Napakaseryosong Problema: Pagtataksil 2.....	1728
Dapat Ninyong Isaalang-alang ang Inyong mga Gawa.....	1733
Diyos ang Pinagmulan ng Buhay ng Tao	1737
Ang Hinagpis ng Makapangyarihan sa Lahat.....	1740
Ang Sampung Atas Administratibo na Dapat Sundin ng Hinirang na Bayan ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian.....	1744
Apendise 1: Ang Pagpapakita ng Diyos ay Naghatid ng Isang Bagong Kapanahunan	1746
Apendise 2: Ang Diyos ang Namumuno sa Kapalaran ng Buong Sangkatauhan....	1750

Apendise 3: Maaari Lamang Maligtas ang Tao sa Gitna ng Pamamahala ng Diyos	1755
Apendise 4: Mamasdan ang Pagpapakita ng Diyos sa Kanyang Paghatol at Pagkastigo.....	1763
Pangwakas na Pananalita	1773

Ang aklat na ito ay naglalaman ng dalawang uri ng talababa. Ang mga may markang numero (katulad nito¹) ay mga talababa na mula sa orihinal na teksto, habang ang mga may markang letra (katulad nito^a) ay mga tala sa pagsasalin.

UNANG BAHAGI
MGA PAGBIGKAS NI CRISTO
SA PASIMULA

ANG MGA SALITA NG BANAL
NA ESPIRITU SA MGA IGLESIA

(PEBRERO 11, 1991 HANGGANG NOBYEMBRE 20, 1991)

Panimula

Noong Pebrero 11, 1991, ginawa ng Diyos ang Kanyang unang pagbigkas sa iglesia, at ang pagbigkas na ito ay nagkaroon ng pambihirang epekto sa bawat isang taong nabubuhay sa daloy ng Banal na Espiritu noong panahong iyon. Binanggit sa pagbigkas na ito ang sumusunod: “Lumitaw na ang tirahan ng Diyos” at “Ang Pinuno ng sansinukob, ang Cristo ng mga huling araw—Siya ang sumisikat na Araw.” Sa lubhang makabuluhang pananalitang ito, nadala ang lahat ng mga tao sa isang bagong dako. Naramdaman ng lahat ng nakabasa sa pagbigkas na ito ang isang pahiwatig ng bagong gawain, ang dakilang gawain na pasisimulan ng Diyos. Ang maganda, nakakaakit, at malaman na pagbigkas na ito ang nagdala sa buong sangkatauhan tungo sa bagong gawain ng Diyos at tungo sa isang bagong kapanahunan, at iyon ang naglatag ng pundasyon at naghanda ng tanghalan para sa gawain ng Diyos sa pagkakatawang-tao na ito. Maaaring sabihin na ang ginawang pagbigkas ng Diyos sa panahong ito ay nagdurugtong sa mga kapanahunan, na ito ang unang pagkakataon simula sa Kapanahunan ng Biyaya na hayagang nagsalita ang Diyos sa lahi ng tao, na ito ang unang pagkakataon na nagsalita Siya matapos na manatiling nakatago sa loob ng dalawang libong taon, at higit pa rito, na ito ay isang pagpapakilala, isang maselang panimulang punto, para sa gawaing isasakatuparan ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian.

Nang unang sumambit ang Diyos ng pagbigkas, ginawa Niya ito sa anyo ng papuri mula sa pananaw ng ikatlong panauhan, sa wikang iyon na kapwa maringal at malinaw, gayundin ay isang panustos ng buhay na maluwag sa loob at madaling maunawaan. Taglay ito, kinuha Niya ang maliit na pangkat ng mga tao na ito, na ang alam lamang ay papaano tamasahin ang Kanyang biyaya habang sabik na inaasam ang pagbabalik ng Panginoon Jesus, at tahimik silang dinala sa isa pang yugto ng gawain sa plano ng pamamahala ng Diyos. Sa ilalim ng ganitong mga kalagayan, hindi nalaman ng sangkatauhan, at lalong hindi nangahas na isip-isipin, kung anong uri ng gawain ang pangunahing gagawin ng Diyos, o kung ano ang naghihintay sa daan sa hinaharap. Pagkatapos nito, patuloy na gumawa ang Diyos ng marami pang mga pagbigkas upang dalhin ang sangkatauhan nang paisa-isang hakbang tungo sa bagong kapanahunan. Kahanga-hanga na ang bawat pagbigkas ng Diyos ay iba ang nilalalaman at bukod diyan ay gumagamit ng iba’t ibang anyo ng papuri at paraan ng pagpapahayag. Ang mga pagbigkas na ito, na magkahawig sa tono ngunit magkaiba sa nilalaman, ay palaging puspos ng mga damdamin ng pangangalaga at pagmamalasakit ng Diyos, at halos ang bawat isa ay naglalaman ng mga panustos ng buhay na may iba’t ibang nilalaman, gayundin ng mga salita ng paalaala, pagpapayo, at kapanatagang mula sa Diyos tungo sa tao. Sa mga pagbigkas na ito, paulit-ulit na lumilitaw ang mga linyang tulad nito: “Nagkatawang-tao na ang nag-iisang tunay na Diyos, at Siya ang Pinuno ng sansinukob, na nag-uutos sa lahat ng bagay”; “Ang matagumpay na Hari ay nakaupo sa Kanyang maluwalhating luklukan”; “Hawak Niya ang sansinukob sa Kanyang mga kamay”; at iba

pa. Ipinararating ang isang mensahe sa mga linyang ito, o masasabi na naghahatid ng mensahe ang mga linyang ito sa lahi ng tao: naparito na ang Diyos sa mundo ng tao, magsisimula ang Diyos ng higit pang dakilang gawain, nakababa na ang kaharian ng Diyos sa isang partikular na pangkat ng mga tao, at nakamtan na ng Diyos ang luwalhati at tinalo ang pagkarami-raming kaaway Niya. Ang bawat isa sa mga pagbigkas ng Diyos ay kumakapit sa puso ng bawat tao. Sabik na naghihintay ang buong sangkatauhan para magsatinig ang Diyos ng dagdag pang mga bagong salita, dahil tuwing nagsasalita ang Diyos, niyayanig Niya ang puso ng tao hanggang sa pinakaugat nito, at bukod diyan Siya ang namamahala at nagtataguyod ng bawat kilos at bawat damdamin ng tao, upang ang sangkatauhan ay mag-umpisang umasa at higit pa riyan ay humanga sa mga salita ng Diyos.... Sa ganitong paraan, di-sinasadya na napakarami nang tao ang kung tutuusin ay nakalimutan na ang Bibliya, at nagbigay ng mas maikling paggawa sa mga makalumang pangangaral at mga isinulat ng mga espirituwal na tao, dahil hindi nila natagpuan sa mga isinulat noon ang anumang batayan ng mga salita ng Diyos na ito, ni hindi nila nakayang matuklasan saanman ang layunin ng Diyos sa paggawa ng mga pagbigkas na ito. Dahil dito, gaano pang higit na kinailangan ng sangkatauhan na aminin na ang mga pagbigkas na ito ang tinig ng Diyos na hindi nakikita ni naririnig noon pa mang unang panahon, na ang mga iyon ay hindi maaabot ng sinumang taong naniniwala sa Diyos, at na nalalampasan ng mga iyon ang anumang sinabi ng sinumang espirituwal na taong nabuhay sa nakalipas na mga panahon o ang mga nakaraang pagbigkas ng Diyos. Inantig ng bawat isa ng mga pagbigkas na ito, pumasok ang sangkatauhan nang walang kamalay-malay tungo sa awra ng gawain ng Banal na Espiritu, tungo sa buhay na nasa unahang hanay sa bagong kapanahunan. Inantig ng mga salita ng Diyos, ang sangkatauhang puspos ng pananabik ay nakatikim ng tamis ng pangunahan nang personal ng mga salita ng Diyos. Naniniwala Ako na ang panandaliang panahong ito ay isang panahon na matatag na gugunitain ng bawat tao, samantalang ang totoo ang natamasa ng sangkatauhan sa panahong ito ay walang iba kundi isang awra ng gawain ng Banal na Espiritu, o matatawag itong ang matamis na lasa ng bumabalot na asukal sa tableta. Ito ay dahil simula sa puntong ito, habang nasa ilalim pa rin ng paggabay ng mga salita ng Diyos, habang nasa awra pa rin ng gawain ng Banal na Espiritu, dinamamalayang naakay ang sangkatauhan sa isa pang yugto ng mga salita ng Diyos, na siyang unang hakbang sa gawain at mga pagbigkas ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian—ang pagsubok ng mga taga-serbisyo.

Ang karamihan ng mga salitang binigkas bago ang pagsubok ng mga taga-serbisyo ay nasa anyo ng tagubilin, payo, pagsaway, at disiplina, at sa ilang dako ay ginamit nila ang dating anyo ng katawagan na ginamit sa Kapanahunan ng Biyaya—ginagamit ang “Aking mga anak” para sa mga sumunod sa Diyos upang gawing mas madali para sa sangkatauhan na mapalapit sa Diyos, o upang maaaring ituring ng sangkatauhan na malapit ang kanilang ugnayan sa Diyos. Sa ganitong paraan, anumang paghatol ang ipinatupad ng Diyos sa pagkapalalo, pagmamataas, at iba pang tiwaling disposisyon

ng sangkatauhan, magagawang harapin at tanggapin ito ng tao dahil sa kanyang pagkakakilanan bilang “anak,” nang walang pagtutol sa mga pagbigkas ng “Diyos Ama,” karagdagan pa na ang pangakong ginawa ng “Diyos Ama” sa Kanyang “mga anak” ay hindi kailanman kaduda-duda. Noong panahong iyon, natamasa ng buong sangkatauhan ang pamumuhay na malaya mula sa suliranin gaya ng isang sanggol, at nakamit nito ang layunin ng Diyos, na kapag pumasok sila sa “hustong gulang,” magsisimula Siyang ipatupad ang paghatol sa kanila. Inilatag din nito ang saligan para sa gawain ng paghatol sa lahi ng tao na pormal na inilunsad ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian. Dahil ang pangunahing gawain ng Diyos sa pagkakatawang-taong ito ay upang hatulan at lupigin ang buong lahi ng tao, sa sandaling matatag na tumayo ang tao sa lupa, kaagad na papasok ang Diyos tungo sa paraan ng Kanyang gawain—tungo sa gawain kung saan ay hinahatulan Niya ang tao at kinakastigo ito. Maliwanag na ang lahat ng mga pagbigkas bago ang pagsubok ng mga taga-serbisyo ay ginawa para sa paglampas sa paglipat, na siyang totoong layon bagama’t mukhang iba ang nakikita. Ang masigasig na hangarin ng Diyos ay ang makaya Niya sa lalong madaling panahon na pormal na ilunsad ang Kanyang gawain sa Kapanahunan ng Kaharian. Sa anumang paraan ay hindi Niya ninanais na patuloy na hikayating sumulong ang sangkatauhan sa pamamagitan ng pagpapakain dito ng mga binalot sa asukal na tableta; bagkus, sabik Siyang makita ang tunay na mukha ng lahat ng tao sa harapan ng Kanyang hukumang-luklukan, at higit pa nga Niyang ninais makita ang tunay na saloobing tataglayin ng buong sangkatauhan para sa Kanya matapos mawalan ng Kanyang biyaya. Ninais lamang Niyang makita ang mga resulta, hindi ang proseso. Ngunit noong panahong iyon ay walang sinumang nakaunawa sa masigasig na hangarin ng Diyos, dahil inaalala lamang ng puso ng tao ang hantungan nito at ang magiging kinabukasan nito. Hindi nakapagtataakang itinuon ang paghatol ng Diyos nang maraming beses sa buong lahi ng tao. Nang ang sangkatauhan, sa ilalim ng paggabay ng Diyos, ay nag-umpisang mamuhay nang normal na buhay ng mga tao ay saka lamang nagbago ang saloobin ng Diyos sa sangkatauhan.

Ang 1991 ay di-pangkaraniwang taon; tawagin natin ang taong ito na isang “ginintuang taon.” Inilunsad ng Diyos ang bagong gawain ng Kapanahunan ng Kaharian at itinuon ang Kanyang pagbigkas sa buong lahi ng tao. Kasabay nito, nagtamasa ang sangkatauhan ng walang-katulad na pagkagiliw at higit pa rito ay naranasan ang sakit na sumusunod sa walang katulad na paghatol ng Diyos sa tao. Natikman ng lahi ng tao ang isang katamisang ngayon lamang nalaman o naramdaman, ganoon din ang dati’y di-kilala na paghatol at pagtalikod, na parang nakamtan nito ang Diyos, at muli na parang naiwala nito ang Diyos. Ang pagdurusa sa pagkakaroon at pagdurusa sa kasalatan—ang mga damdaming ito ay nalalaman lamang ng mga personal na nakaranas sa mga ito; ang mga iyon ay isang bagay na walang kakayanan ang tao ni pamamaraan para ilarawan. Ang ganitong uri ng mga sugat ang ipinagkakaloob ng Diyos sa bawat tao bilang isang anyo ng di-nakikitang karanasan at ari-arian. Ang nilalaman ng mga

pagbigkas na ginawa ng Diyos sa taong ito sa katunayan ay nabibilang sa dalawang pangunahing pagkakahati: Ang una ay ang bahagi kung saan bumaba ang Diyos sa mundo ng tao para anyayahan ang sangkatauhan na lumapit sa harap ng Kanyang trono bilang mga panauhin; ang ikalawa ay ang bahagi kung saan ang sangkatauhan, matapos makakain at makainom hanggang mabusog, ay ginamit ng Diyos bilang mga taga-serbisyo. Siyempre, hindi na kailangan pang sabihin na ang unang bahagi ay ang pinakakatangi-tangi at pinakataimtim na inaasam ng sangkatauhan, lalong higit dahil ang mga tao ay matagal nang nasanay na ang pagtatamasa sa lahat ng sa Diyos ay siyang layon ng kanilang paniniwala sa Kanya. Kaya nga, sa sandaling sinimulan ng Diyos na isatinig ang Kanyang pagbigkas, nakahanda nang lahat ang sangkatauhan na pumasok sa kaharian at maghintay roon para igawad ng Diyos ang iba't ibang gantimpala sa kanila. Ang mga taong nasa ganitong mga kalagayan ay hindi nagbayad ng tamang halaga sa pamamagitan ng pagbabago ng kanilang mga disposisyon, paghahangad na bigyang-kaluguran ang Diyos, pagpapakita ng pagsasaalang-alang para sa kalooban ng Diyos, at iba pa. Sa isang pahapyaw na sulyap, waring palaging abalang-abala ang mga tao habang ginugugol nila ang kanilang mga sarili at gumagawa para sa Diyos, habang sa katunayan ay tinatantiya nila, sa lihim na mga lugar ng kaibuturan ng kanilang mga puso, ang susunod na hakbang na dapat nilang gawin upang makamtan ang mga pagpapala o mamuno bilang mga hari. Maaaring sabihin na habang nagtatamasa ang puso ng tao sa Diyos, kasabay nitong kinakalkula ang Diyos. Ang sangkatauhang nasa ganitong kalagayan ay humaharap sa pinakamalalim na pagkasuklam at pagkamuhi ng Diyos; hindi kinukunsinti ng disposisyon ng Diyos ang sinumang tao na nanlilinlang o gumagamit sa Kanya. Ngunit di-naaabot ng sinumang tao ang karunungan ng Diyos. Nasa kalagitnaan ng pagtitiis sa lahat ng pagdurusang ito nang sinabi Niya ang unang bahagi ng Kanyang mga pagbigkas. Kung gaano katinding pagdurusa ang tiniis ng Diyos, at kung gaano katinding pagmamalasakit at pag-iisip ang ginugol Niya sa panahong ito, walang tao ang may kakayanan na isipin. Ang layunin ng unang bahagi ng mga pagbigkas na ito ay ang isiwalat ang lahat ng iba't ibang anyo ng kapangitan na ipinakikita ng tao kapag naharap sa posisyon at pakinabang, at isiwalat ang kasakiman at kasamaan ng tao. Bagaman, sa pagsasalita, ipinahahayag ng Diyos ang Kanyang mga salita sa taos at taimtim na tono ng nagmamahal ng ina, ang poot sa kaibuturan ng Kanyang puso ay naglalagablab tulad ng araw sa katanghalian na tila ba itinutuon laban sa Kanyang mga kaaway. Anuman ang mangyari, ayaw ng Diyos na magsalita sa isang pangkat ng mga tao na kulang sa normal na wangis sa lahi ng tao, at kaya, sa tuwing nagsasalita Siya, sinusupil Niya ang poot na nasa loob ng Kanyang puso habang kasabay nito ay pinipigilan ang Kanyang sarili na magbigay ng ekspresyon sa Kanyang pagbigkas. Bukod diyan, nagsasalita Siya sa isang lahi ng tao na walang normal na pagkatao, nawalan ng katwiran, lubhang napakatiwali, na ang kasakiman ay naging pangalawang kalikasan, at suwail at mapanghimagsik laban sa Diyos hanggang sa mapait na katapusan. Ang kalaliman ng

pagkahulog ng lahi ng tao at ang lawak ng pagkasuklam at pagkasuya ng Diyos para sa lahi ng tao ay madaling mailarawan sa isip; ang mahirap para sa lahi ng tao na mailarawan sa isip ay ang sakit na naidulot nila sa Diyos—iyon ay imposibleng ilarawan ng mga salita. Ngunit ito mismo ang pinagmulan—kung saan ay walang sinuman ang nagkaroon ng kakayanang makatuklas kung papaanong nagdurusa ang puso ng Diyos, at higit pa ryan, walang sinuman ang nakatuklas kung gaano katindi ang kawalang-katwiran at kawalang-kakayahan na magbago ng lahi ng tao—na ang bawat isang tao, na wala kahit kaunting kahihiyan o kaunting pag-aalangan, ay nagbalewala na mayroon silang karapatan bilang mga anak ng Diyos na tumanggap ng lahat ng gantimpalang inihanda Niya para sa tao, hanggang sa punto pa ngang nagpapaligsahan sila sa isa’t isa, na walang sinumang nagnanais na mapag-iwanan at ang lahat ay lubhang natatakot na matalo. Dapat ay alam mo na ngayon kung anong uri ang katayuan ng mga tao sa paningin ng Diyos noong panahong iyon. Papaanong makakamit ng ganitong lahi ang mga gantimpala ng Diyos? Ngunit ang tinatanggap ng tao mula sa Diyos sa lahat ng panahon ay ang pinakamahalagang kayamanan, at sa kabaligtaran, ang tinatanggap ng Diyos mula sa tao ay sukdulang pasakit. Mula pa noong pasimula ng ugnayan sa pagitan ng Diyos at tao, ito na ang palaging natatanggap ng tao mula sa Diyos at kung ano ang naibibigay niya sa Diyos bilang ganti.

Kahit na masidhi ang pagkabalisa ng Diyos, nang nakita Niya ang lahing ito ng mga tao, na sagad sa buto ang katiwalian, wala Siyang pagpipilian kundi itapon ito sa lawang apoy upang maaaring madalisay ito. Ito ang ikalawang bahagi ng pagbigkas ng Diyos, kung saan ay ginamit ng Diyos ang sangkatauhan bilang Kanyang mga taga-serbisyo. Sa bahaging ito, nagbago ang Diyos mula sa pagiging malumanay tungo sa pagiging malupit, at mula sa kaunti patungo sa marami, kapwa sa pamamaraan at haba, ginagamit ang katayuan ng “persona ng Diyos” bilang bitag para ilantad ang tiwaling kalikasan ng tao habang kasabay nito ay inihahain ang iba’t ibang kategorya ng^a mga taga-serbisyo, mga tao ng Diyos, at mga anak ng Diyos para pagpipilian ng sangkatauhan. Tiyak nga na gaya ng prediksiyon ng Diyos, walang sinuman ang pumili na maging isang taga-serbisyo ng Diyos, at sa halip ay nagsumikap ang lahat na maging persona ng Diyos. Kahit na ang kabagsikan ng pagsasalita ng Diyos sa panahong ito ay isang bagay na hindi kailanman inasahan at lalo nang hindi pa napakinggan ng mga tao, gayunman, dahil sobra-sobrang inaalala ang katayuan at higit pa rito, dahil labis na abala na makakuha ng mga pagpapala, wala silang panahon para makabuo ng kuru-kuro tungkol sa tono ng pagsasalita ng Diyos at paraan ng Kanyang pagsasalita, ngunit sa halip ay palagi nilang iniisip ang kanilang sariling katayuan at kung ano ang mayroon sa hinaharap. Sa ganitong paraan, nadala ng pagbigkas ng Diyos ang sangkatauhan, nang walang kamalay-malay, tungo sa “kagusutang” inilatag Niya para sa kanila. Sa ayaw at sa gusto, naakit ng patibong ng hinaharap at ng kanilang kapalaran, alam ng mga tao

^a Wala sa orihinal na teksto ang pariralang “ang iba’t ibang kategorya ng.”

ang sarili nilang kakulangan upang maging persona ng Diyos, gayunma'y nag-aatubili silang kumilos bilang taga-serbisyo Niya. Nahahati sa pagitan nitong magkasalungat na kaisipan, walang-kamalayang tinanggap nila ang walang-katulad na paghatol at pagkastigo na inilapat sa sangkatauhan. Likas na ang ganitong anyo ng paghatol at pagdalisay ay isang bagay na sa anupaman ay hindi handang tanggapin ng sangkatauhan. Magkagayunman, tanging ang Diyos ang may karunungan, at tanging Siya ang may kapangyarihan, upang humingi ng maamong pagpapasakop mula sa tiwaling lahi ng mga tao, upang kusang-loob man o hindi, silang lahat ay sumunod sa katapusan. Walang mga panghalili ang sangkatauhan na mapagpipilian. Tanging ang Diyos ang may pangwakas na pagpapasya, at tanging ang Diyos ang kayang gumamit ng paraang tulad nito para magkaloob ng katotohanan at buhay sa tao at ipakita sa kanya ang direksyon. Ang pamamaraang ito ang di-mapipigilang gawain ng Diyos sa tao, at walang duda o pagtatalo na ito rin ang di-maaaring mawala na pangangailangan ng tao. Nagsasalita at gumagawa ang Diyos sa ganitong paraan upang maipaabot ang katotohanang ito sa sangkatauhan: Sa pagliligtas sa sangkatauhan, ginagawa ito ng Diyos dahil sa Kanyang pag-ibig at awa at para sa kapakanan ng Kanyang pamamahala; sa pagtanggap sa pagliligtas ng Diyos, ginagawa ito ng lahi ng tao dahil nahulog ito hanggang sa puntong wala nang magagawa ang Diyos kundi ang magsalita nang personal. Kapag tinatanggap ng tao ang pagliligtas ng Diyos, ito ang pinakadakilang biyaya, at ito rin ay isang natatanging pabor; ang ibig sabihin nito ay kung hindi dahil sa personal na pagsasatinig ng Diyos sa Kanyang pagbigkas, ang magiging kapalaran ng lahi ng tao ay pagkalipol. Kasabay ng pagkamuhi Niya sa lahi ng tao, ang Diyos ay handa at kusang-loob pa ring magbabayad ng anumang halaga para sa kaligtasan ng tao. Samantala, habang sinasambit-sambit ng tao ang kanyang pag-ibig sa Diyos at kung paano niya inilalaan ang lahat sa Diyos, naghihimagsik siya laban sa Diyos at nangingikil ng lahat ng uri ng biyaya mula sa Diyos, habang sinasaktan rin ang Diyos at nagdudulot ng di-masambit na kirot sa Kanyang puso. Ganyan ang malaking pagkakaiba ng hindi alintana ang sarili at ng makasarili sa pagitan ng Diyos at tao!

Sa paggawa at pagsasalita, hindi napipigilan ang Diyos na sundin ang anumang partikular na paraan, ngunit ginagawa ang pagkakamit ng resulta bilang Kanyang mithiin. Dahil dito, sa bahaging ito ng Kanyang mga pagbigkas, tiniyak ng Diyos na hindi ilantad ang Kanyang sariling pagkakakilanlan nang malinaw, kundi maghayag lamang ng ilang taguri gaya ng “Cristo ng mga huling araw,” “ang Pinuno ng sansinukob,” at iba pa. Sa anumang paraan hindi ito nakakaapekto sa ministeryo ni Cristo o sa pagkakilala ng sangkatauhan sa Diyos, lalung-lalo na dahil ang sangkatauhan noong mga panahong iyon ay ganap na walang-muwang sa mga konsepto ng “Cristo” at ng “pagkakatawang-tao,” kaya kailangang magpakumbaba ng Kanyang sarili ang Diyos upang maging isang persona na may isang “natatanging tungkulin” na ipahayag ang Kanyang mga pagbigkas. Ito ang matiyagang pangangalaga at pag-iisip ng Diyos, dahil ang kaya lamang tanggapin ng mga tao noong panahong iyon ay ang ganitong anyo ng

katawagan. Anumang anyo ng katawagan ang ginagamit ng Diyos, hindi naaapektuhan ang mga resulta ng Kanyang gawain, dahil sa lahat ng ginagawa Niya, nilalayon ng Diyos na tulungang magbago ang tao, na tulungan ang tao na makamit ang pagliligtas ng Diyos. Anuman ang ginagawa Niya, palaging nasa isip ng Diyos ang mga pangangailangan ng tao. Ito ang hangarin sa likod ng paggawa at pagsasalita ng Diyos. Kahit na lubusang nakatuon ang pansin ng Diyos sa pagsaalang-alang sa lahat ng aspeto ng sangkatauhan, at sukdulang napakatalino sa lahat ng Kanyang ginagawa, masasabi Ko ito: Kung hindi sumaksi ang Diyos sa sarili Niya, walang sinumang kabilang sa lahi ng mga nilikhang tao ang may kakayahang kilalanin ang Diyos Mismo o na manindigan para sumaksi sa Diyos Mismo. Kung nagpatuloy sa paggamit ang Diyos ng “isang personang may natatanging tungkulin” bilang anyo ng katawagan sa Kanyang gawain, hindi magkakaroon ng ni isa mang tao na kayang ituring ang Diyos bilang Diyos—ito ang dalamhati ng sangkatauhan. Ibig sabihin, sa lahi ng mga nilikhang tao, walang sinuman ang kayang kilalanin ang Diyos, at lalong walang sinumang magmamahal sa Diyos, magmamalasakit sa Diyos, at lalapit sa Diyos. Ang pananampalataya ng tao ay para lamang sa pagkamit ng pagpapala. Ang pagkakakilanlan ng Diyos bilang persona na may isang natatanging tungkulin ay nakakapagbigay ng pahiwatig sa bawat tao: Madali para sa sangkatauhan na ituring ang Diyos bilang isa sa lahi ng mga nilikhang tao; iyon mismo ang pinakamatinding pasakit at kahihyan na ipinapataw ng sangkatauhan sa Diyos, kapag hayagang nagpapakita o gumagawa Siya, tinatanggi pa rin ng tao ang Diyos at nakakalimutan pa nga niya Siya. Tinitii ng Diyos ang pinakamatinding kahihyan upang iligtas ang lahi ng tao; sa pagbibigay ng lahat, ang layunin Niya ay upang iligtas ang sangkatauhan, para makuha ang pagkilala ng sangkatauhan. Ang halagang binayaran ng Diyos para sa lahat ng ito ay isang bagay na dapat mapahalagahan ng lahat ng may konsensya. Ang sangkatauhan ay nakamtan ang pagsasalita at paggawa ng Diyos, at nakamtan ang pagliligtas ng Diyos. Kasabay nito, hindi sumagi sa isip ninuman na itanong ito: Ano ang nakamtan ng Diyos mula sa sangkatauhan? Mula sa bawat pagbigkas ng Diyos, ang sangkatauhan ay nagkamit ng katotohanan, nagtagumpay sa pagbabago, natagpuan ang patutunguhan sa buhay; ngunit ang nakamtan lamang ng Diyos ay ang mga salitang ginagamit ng sangkatauhan para ipahayag ang kanilang pagkakautang sa Diyos at kaunting bahagyang bulong ng papuri. Tiyak na hindi ito ang kabayaranang hinihingi ng Diyos sa tao?

Kahit na marami sa mga pagbigkas ng Diyos ang naipahayag na ngayon, higit na nakararaming tao ang nakahinto pa rin sa yugtong kinakatawan ng mga salita ng Diyos sa pasimula sa kanilang pagkakilala at pagkaunawa sa Diyos, kung saan ay hindi na sila sumulong—talagang isang masakit na paksa ito. Ang bahaging ito ng “Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula” ay isang susi lamang para sa pagbubukas ng puso ng tao; ang paghinto rito ay pagiging malayung-malayo sa pagtupad ng layunin ng Diyos. Ang minimithi ng Diyos sa pagsasalita ng bahaging ito ng Kanyang mga pagbigkas ay

para lamang dalhin ang sangkatauhan mula sa Kapanahunan ng Biyaya tungo sa Kapanahunan ng Kaharian; sa anumang paraan ay hindi Niya nais na ang sangkatauhan ay manatiling nakatigil sa bahaging ito ng Kanyang mga pagbigkas o kunin kahit ang bahaging ito ng Kanyang mga pagbigkas bilang isang gabay, kung hindi, ang mga pagbigkas ng Diyos sa hinaharap ay magiging hindi kinakailangan ni makabuluhan. Kung mayroong sinuman na hindi pa kayang pumasok tungo sa kung ano ang hinihingi ng Diyos na maabot ng tao sa bahaging ito ng Kanyang mga pagbigkas, kung gayon ang pagpasok ng taong iyan ay nananatiling lingid. Ang bahaging ito ng mga pagbigkas ng Diyos ang bumubuo ng pinakapangunahing hinihingi ng Diyos sa tao sa Kapanahunan ng Kaharian, at ito lamang ang daan kung saan makapasok ang sangkatauhan sa tamang landasin. Kung ikaw ay isang taong walang nauunawaan, kung gayon pinakamainam na mag-umpisa ka sa pagbabasa ng mga salita sa bahaging ito!

Kabanata 1

Nakarating na ang papuri sa Sion at lumitaw na ang tirahan ng Diyos. Ang maluwalhating banal na pangalan, na pinupuri ng lahat ng bayan, ay lumalaganap. Ah, Makapangyarihang Diyos! Ang Pinuno ng sansinukob, ang Cristo ng mga huling araw—Siya ang sumisikat na Araw na sumikat sa Bundok ng Sion, na nangingibabaw sa pagiging maharlika at karangyaan sa buong sansinukob ...

Makapangyarihang Diyos! Tumatawag kami sa Iyo sa kagalakan; sumasayaw at umaawit kami. Tunay na Ikaw ang aming Manunubos, ang dakilang Hari ng sansinukob! Nakagawa Ka na ng isang pangkat ng mga mananagumpay at natupad Mo na ang plano ng pamamahala ng Diyos. Magsisiparoon sa bundok na ito ang lahat ng bayan. Luluhod ang lahat ng bayan sa harapan ng luklukan! Ikaw ang kaisa-isang tunay na Diyos at karapat-dapat Ka sa kaluwalhatian at karangalan. Buong kaluwalhatian, papuri, at awtoridad ang mapasa-luklukan! Dumadaloy mula sa luklukan ang bukal ng buhay, dinidiligan at pinakakain ang maraming tao ng Diyos. Nagbabago ang buhay araw-araw; sinusundan tayo ng bagong liwanag at mga paghahayag, patuloy na nagdudulot ng mga bagong kabatiran tungkol sa Diyos. Sa gitna ng mga karanasan, nagiging lubos na tiyak tayo tungkol sa Diyos. Ang Kanyang mga salita ay patuloy na naipapamalas, naipapamalas sa mga taong tama. Tunay ngang labis tayong pinagpala! Nakikipagkita sa Diyos nang harapan araw-araw, nakikipag-ugnayan sa Diyos sa lahat ng bagay, at ibinibigay sa Diyos ang kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay. Pinagbubulay-bulayan nating mabuti ang salita ng Diyos, payapang nakahimlay ang ating mga puso sa Diyos, at sa paraang ito ay lumalapit tayo sa harapan ng Diyos, kung saan tinatanggap natin ang Kanyang liwanag. Sa bawat araw, sa ating buhay, mga kilos, salita, kaisipan, at ideya, nabubuhay tayo ayon sa salita ng Diyos, kayang kumilala sa lahat ng oras. Ginagabayan ng salita ng Diyos ang sinulid papasok sa karayom; nang di-inaasahan,

nalalantad sa liwanag ang mga bagay na nakatago sa ating kalooban, nang sunud-sunod. Ang pakikisalamuha sa Diyos ay hindi nagpapaantala; inilalantad ng Diyos ang ating mga kaisipan at ideya. Sa bawat sandali nabubuhay tayo sa harap ng luklukan ni Cristo kung saan sumasailalim tayo sa paghatol. Nananatiling sakop ni Satanas ang bawat bahagi sa loob ng ating katawan. Ngayon, upang mabawi ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, kailangang linisin ang Kanyang templo. Upang ganap na maangkin ng Diyos, kailangan nating makibaka sa pagitan ng buhay at kamatayan. Kapag naipako na sa krus ang dati nating sarili, saka lamang maghahari nang kataas-taasan ang muling nabuhay na Cristo.

Naghahanda ngayon ng isang pagsalakay ang Banal na Espiritu sa bawat sulok natin upang makidigma para mabawi tayo! Basta't handa tayong itakwil ang ating sarili at makipagtulungan sa Diyos, tiyak na paliliwanagin at dadalisayin ng Diyos ang ating kalooban sa lahat ng oras, at babawiing muli yaong nasakop na ni Satanas, upang magawa tayong ganap ng Diyos sa lalong madaling panahon. Huwag mag-aksaya ng panahon—mabuhay sa bawat sandali ayon sa salita ng Diyos. Mapatatag na kasama ng mga banal, madala sa kaharian, at pumasok sa kaluwalhatian kasama ng Diyos.

Kabanata 2

Nagkahugis na ang iglesia ng Philadelphia, na ganap na dahil sa biyaya at awa ng Diyos. Nagkakaroon ng pagmamahal sa Diyos ang puso ng napakaraming banal, na hindi nag-aalinlangan sa kanilang espirituwal na paglalakbay. Matatag sila sa kanilang pananampalataya na nagkatawang-tao na ang nag-iisang tunay na Diyos, na Siya ang Pinuno ng sansinukob, na nag-uutos sa lahat ng bagay: Pinagtibay ito ng Banal na Espiritu, kasintatag ito ng kabundukan! Hindi ito magbabago kailanman!

O, Makapangyarihang Diyos! Ngayon ay Ikaw ang nagbukas sa aming mga espirituwal na mata, na tinutulutang makakita ang bulag, makalakad ang pilay, at mapagaling ang mga ketongin. Ikaw ang nagbukas sa durungawan sa langit, na tinutulutan kaming mahiwatigan ang mga hiwaga ng espirituwal na dako. Naturuan ng Iyong mga banal na salita at naligtas mula sa aming pagkatao, na ginawang tiwali ni Satanas—ganyan ang Iyong di-masukat na dakilang gawain at Iyong di-masukat na matinding awa. Kami ay Iyong mga saksi!

Matagal Kang nanatiling nakatago, nang mapagkumbaba at tahimik. Naranasan Mo ang muling pagkabuhay mula sa kamatayan, sa pagdurusang pagpapapako sa krus, sa mga kagalakan at kalungkutan ng buhay ng tao, at sa pag-uusig at kahirapan; naranasan at nalasap Mo ang pasakit ng mundo ng tao, at tinalikdan Ka ng kapanahunan. Ang Diyos na nagkatawang-tao ay ang Diyos Mismo. Alang-alang sa kalooban ng Diyos, iniligtas Mo kami mula sa tumpok ng dumi, at inaalalayan kami gamit ang Iyong kanang kamay, at malayang ibinigay sa amin ang Iyong biyaya. Tiniis ang mga pasakit,

ihinubog Mo ang Iyong buhay sa amin; ang halagang binayaran Mo gamit ang Iyong dugo, pawis at luha ay kumikislap sa mga banal. Kami ang produkto ng^a Iyong napakaingat na pagsisikap; kami ang halagang binayaran Mo.

O, Makapangyarihang Diyos! Dahil sa Iyong kabutihang-loob at awa, sa Iyong katuwiran at pagiging maharlika, sa Iyong kabanalan at pagpapakumbaba kaya yuyukod sa Iyong harapan ang lahat ng bayan at sasambahin Ka nang walang-hanggan.

Ngayon ay nagawa Mo nang ganap ang lahat ng iglesia—ang iglesia ng Philadelphia—at sa gayon ay natupad ang Iyong 6,000-taong plano ng pamamahala. Maaaring mapagpakumbabang magpasakop ang mga banal sa Iyong harapan, na nakaugnay sa espiritu at sumusunod nang may pagmamahal, nakaugnay sa pinagmumulan ng bukal. Dumadaloy nang walang-tigil ang buhay na tubig ng buhay, at hinuhugasan at nililinis ang lahat ng putik at maruming tubig sa iglesia, muling dinadalisa ang Iyong templo. Nakilala na namin ang praktikal na tunay na Diyos, naipamuhay ang Kanyang mga salita, nakilala ang aming sariling mga gawain at tungkulin, at nagawa ang lahat ng makakaya namin upang gugulin ang aming sarili para sa iglesia. Laging tahimik sa Iyong harapan, kailangan naming sundin ang gawain ng Banal na Espiritu, kung hindi ay mahahadlangan namin ang kalooban Mo. Nagmamahalan ang mga banal, at mapupunan ng mga kalakasan ng ilan ang mga pagkukulang ng iba. Kaya nilang lumakad sa espiritu sa lahat ng oras, na naliliwanagan at tinatanglawan ng Banal na Espiritu. Isinasagawa nila kaagad ang katotohanan pagkatapos na maunawaan ito. Sumasabay sila sa bagong liwanag at sumusunod sa mga yapak ng Diyos.

Aktibong makipagtulungan sa Diyos; ang pagpapaubaya na Siya ang kumontrol ay paglakad na kasama Niya. Lahat ng ating sariling ideya, kuru-kuro, opinyon, at sekular na gawain ay nawawalang parang bula gaya ng usok. Hinahayaan nating maghari nang kataas-taasan ang Diyos sa ating espiritu, lumalakad na kasama Niya at sa gayon ay nangingibabaw, nadaraig ang mundo, at malayang lumilipad at lumalaya ang ating espiritu: Ito ang kinalalabasan kapag naging Hari ang Makapangyarihang Diyos. Paano tayong hindi sasayaw at aawit ng mga papuri, mag-aalay ng ating mga papuri, mag-aalay ng mga bagong himno?

Talagang maraming paraan para purihin ang Diyos: pagtawag sa Kanyang pangalan, paglapit sa Kanya, pag-iisip sa Kanya, pagbabasa nang padalangin, pagbabahaginan, pagmumuni-muni at pagbubulay-bulay, pagdarasal, at pag-awit ng mga papuri. Sa ganitong mga uri ng papuri ay mayroong kagalakan, at mayroong pagpapahid ng langis; mayroong kapangyarihan sa papuri, at mayroon ding pasanin. Mayroong pananampalataya sa papuri, at mayroong bagong kabatiran.

Aktibong makipagtulungan sa Diyos, makipag-ugnayan sa paglilingkod at maging isa, tuparin ang mga layunin ng Makapangyarihang Diyos, magmadaling maging isang banal na espirituwal na katawan, tapakan si Satanas, at wakasan ang kapalaran ni

^a Wala sa orihinal na teksto ang pariralang “ang produkto ng.”

Satanas. Ang iglesia ng Philadelphia ay nadala na sa presensya ng Diyos at naipakita sa Kanyang kaluwalhatian.

Kabanata 3

Ang matagumpay na Hari ay nakaupo sa Kanyang maluwalhating luklukan. Natapos na Niya ang pagtubos at naakay na ang lahat ng Kanyang tao upang magpakita sa kaluwalhatian. Hawak Niya ang sansinukob sa Kanyang mga kamay at sa Kanyang banal na karunungan at kapangyarihan ay naitayo at napatatag Niya ang Sion. Sa Kanyang pagiging maharlika hinahatulan Niya ang makasalanang sanlibutan; hinatulan na Niya ang lahat ng bansa at lahat ng bayan, ang lupa at ang mga dagat at lahat ng bagay na nabubuhay roon, gayundin sila na lasing sa alak ng kalaswaan. Tiyak na hahatulan sila ng Diyos, at tiyak na magagalit Siya sa kanila at sa ganito mahahayag ang pagiging maharlika ng Diyos, na ang paghatol ay agad-agad at ipinatutupad nang walang pagkaantala. Tiyak na susunugin ng apoy ng Kanyang poot ang kanilang karumal-dumal na mga krimen at sasapit sa kanila ang kalamidad anumang sandali; wala silang landas na matatakan at walang lugar na mapagtataguan, sila ay tatangis at magngangalit ang kanilang mga ngipin at magdadala sila ng pagkawasak sa kanilang sarili.

Ang matagumpay na mga anak, na pinakamamahal ng Diyos ay tiyak na lalagi sa Sion, at hindi na lilisanin ito kailanman. Ang maraming bayan ay makikinig na mabuti sa Kanyang tinig, uunawain nilang mabuti ang Kanyang mga kilos, at ang mga tunog ng kanilang papuri sa Kanya ay hindi titigil kailanman. Nagpakita na ang nag-iisang tunay na Diyos! Makatitiyak tayo tungkol sa Kanya sa espiritu at susundan natin Siyang mabuti; magmamadali tayong sumulong nang buo nating lakas at hindi na mag-aalinlangan. Ang katapusan ng mundo ay nalalantad sa ating harapan; pinatitindi pa ngayon ng pagkakaroon ng wastong buhay-iglesia at maging ng mga tao, kaganapan, at bagay sa ating paligid ang ating pagsasanay. Bilisan natin ang pagbawi sa ating puso na labis na nagmamahal sa mundo! Bilisan natin ang pagbawi sa ating pananaw na lubhang nalalabuan! Pigilan natin ang mga hakbang natin, upang hindi tayo lumampas sa mga hangganan. Pigilan natin ang ating bibig upang makapamuhay tayo ayon sa salita ng Diyos, at hindi na tayo makipagtalo pa tungkol sa mga natamo at nawala sa atin. Ah, kalimutan na ninyo ito—ang sakim na pagkahilig ninyo sa sekular na mundo at sa kayamanan! Ah, palayain ninyo ang inyong sarili mula rito—sa pagkatali sa inyong asawa at mga anak na babae at lalaki! Ah, talikuran na ninyo ang mga ito—ang inyong mga pananaw at pagtatangi! Ah, gising; maikli ang panahon! Tumingala, tumingala, mula sa espiritu, at hayaang Diyos ang kumontrol. Anuman ang mangyari, huwag kayong tumulad sa asawa ni Lot. Kaawa-awa ang maitakwil! Talagang kaawa-awa! Ah, gising!

Kabanata 4

Sa bawat sandali, tayo ay magbabantay at maghihintay, magiging tahimik sa espiritu at maghahanap nang may dalisay na puso. Anuman ang nangyayari sa atin, hindi tayo dapat bulag na makipagbahaginan. Kailangan lamang nating maging tahimik sa harapan ng Diyos at maging palagian ang pakikipagbahaginan sa Kanya, at pagkatapos ay tiyak na mabubunyag sa atin ang Kanyang mga layunin. Sa loob ng espiritu, dapat na maging handa tayong kumilala ng pagkakaiba sa lahat ng oras, at dapat tayong magkaroon ng espiritu na masigasig at hindi sumusuko. Dapat tayong umigib mula sa tubig na buhay sa harap ng Diyos, ang tubig na nagpapalusog at nagpapasigla sa ating tigang na espiritu. Dapat tayong maging handa sa lahat ng sandali na linisin ang ating mga sarili mula sa ating satanikong disposisyon, na mapagmagaling, mapagmataas, palalo, at nasisiyahan sa sarili. Dapat nating buksan ang ating mga puso upang tanggapin ang salita ng Diyos, at kumilos batay sa Kanyang salita. Dapat tayong magkaroon ng karanasan at maging tiyak tungkol sa Kanyang salita at magkaroon ng pagkaunawa sa Kanyang salita, hinahayaan ang Kanyang salita na maging ating buhay. Ito ang pagtawag sa atin ng langit! Magtatagumpay lamang tayo kapag nabubuhay tayo ayon sa salita ng Diyos.

Ngayon ang ating mga kuru-kuro ay napakaseryoso, at nagsasalita tayo nang basta-basta at kumikilos nang padalos-dalos at hindi kumikilos nang naaayon sa Espiritu. Ang kasalukuyan ay hindi na katulad ng nakaraan. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay kumikilos nang pasulong at napakabilis. Dapat danasin natin nang detalyado ang salita ng Diyos; bawat ideya at kaisipan, bawat pagkilos at reaksiyon ay dapat nating matukoy nang malinaw sa ating mga puso. Wala sa ating mga ginagawa sa harap o likuran ng sinuman ang makatatakas sa paghatol sa harap ng luklukan ni Cristo. Ang Banal na Espiritu ay nasa proseso ng paggabay sa atin sa dako ng higit na malalim na karanasan, at kung saan ay mapapalapit tayo sa katiyakan tungkol sa Makapangyarihan sa lahat.

Nabuksan na ng Diyos ng sansinukob ang ating espirituwal na mga mata, at ang mga hiwaga sa espiritu ay patuloy na inihahayag sa atin. Maghanap nang may dalisay na puso! Maging handang magbayad ng halaga, sumulong nang nagkakaisa, maging handang itatwa ang inyong mga sarili, huwag nang maging mapag-imbot, sumunod sa Banal na Espiritu at tamasahin ang salita ng Diyos, at pagkatapos ay magpapakita ang isang ganap na pandaigdigang bagong tao. Ang panahon ay malapit na, kung kailan ay magtatapos na si Satanas, magiging ganap na ang kalooban ng Diyos, ang lahat ng bansa sa daigdig ay magiging kaharian ni Cristo, at si Cristo ay mamumuno bilang Hari sa lupa magpasawalang-hanggan!

Kabanata 5

Nagbabago ang mga bundok at mga ilog, umaagos ang mga batis sa daanan ng mga ito, at hindi nagtatagal ang buhay ng tao gaya ng daigdig at himpapawid. Tanging ang Makapangyarihang Diyos ang buhay na walang-hanggan at muling pagkabuhay, na nagpapatuloy sa pagdaan ng mga henerasyon, nang walang hanggan! Ang lahat ng bagay at pangyayari ay nasa Kanyang mga kamay, at si Satanas ay nasa ilalim ng Kanyang paa.

Ngayon, sa pamamagitan ng itinalagang pagpili ng Diyos, na inililigtas Niya tayo mula sa mahigpit na pagkakahawak ni Satanas. Talagang Siya ang ating Manunubos. Ang walang-hanggang muling pagkabuhay ni Cristo ay ginawa na sa loob natin, kaya natatadhana tayong maugnay sa buhay ng Diyos, upang tayo'y tunay na makaharap sa Kanya, kainin Siya, inumin Siya, at tamasahin Siya. Ito ang di-makasariling handog na ginawa ng Diyos sa halaga ng dugo ng Kanyang puso.

Dumarating at lumilipas ang mga panahon, dumaraan sa hangin at nagyeyelong hamog, sinasalubong ang napakaraming pasakit, pag-uusig, at kapighatian sa buhay, napakaraming pagtangga at paninirang-puri ng mundo, napakaraming huwad na paratang ng pamahalaan, ngunit hindi nababawasan ni katiting ang pananampalataya ng Diyos ni ang paninindigan Niya. Buong-pusong nakatalaga sa kalooban ng Diyos, at sa pamamahala at plano ng Diyos, upang maisakatuparan ang mga ito, isinasantabi Niya ang Kanyang sariling buhay. Para sa lahat ng Kanyang mga tao, ginagawa Niya ang lahat-lahat, maingat silang pinapakain at dinidiligan. Gaano man tayo kamangmang, o gaano man kasutil, dapat magpasakop lamang tayo sa harapan Niya, at babaguhin ang ating dating kalikasan ng buhay ng muling pagkabuhay ni Cristo.... Para sa mga panganay na anak na ito, walang kapaguran Siyang gumagawa, ipinagpapaliban ang pagkain at pahinga. Ilang araw at gabi, sa gitna ng gaano katinding nakapapasong init at nagyeyelong lamig, buong-puso Siyang nagbabantay sa Sion.

Ang mundo, tahanan, gawain at lahat na, na lubusang tinalikdan, nang may kasiyahan, nang kusang-loob, at ang mga makamundong kasiyahan ay walang kinalaman sa Kanya.... Ang mga salita mula sa Kanyang bibig ay humahagupit sa atin, inilalantad ang mga bagay na nakatago nang malalim sa ating mga puso. Paano tayong hindi makukumbinsi? Ang bawat pangungusap na lumalabas sa Kanyang bibig ay maaaring magkatotoo sa atin anumang oras. Anumang ating gawin, sa Kanya mang presensya o tago sa Kanya, walang hindi Niya nalalaman, walang hindi Niya nauunawaan. Ang lahat ay tunay na mahahayag sa harapan Niya, sa kabila ng ating mga sariling plano at pagsasaayos.

Nakaupo sa harapan Niya, nasisiyahan ang ating espiritu, panatag at mahinahon, ngunit laging nakakaramdam ng kahungkagan at malaking pagkakautang sa Diyos: Isa itong himalang hindi mailarawan sa isip at imposibleng makamit. Ang Banal na Espiritu ay sapat na upang patunayan na ang Makapangyarihang Diyos ang nag-iisang tunay na

Diyos! Ito'y katunayan na di-mapagdududahan! Tayo sa pangkat na ito ay pinagpala sa paraang hindi mailalarawan! Kung hindi dahil sa biyaya at awa ng Diyos, mapupunta lamang tayo sa kapahamakan at susunod kay Satanas. Tanging ang Makapangyarihang Diyos ang makapagliligtas sa atin!

Ah! Ang Makapangyarihang Diyos, ang praktikal na Diyos! Ikaw itong nagmulat sa aming espirituwal na mga mata, na nagtutulot sa aming mamasdan ang mga hiwaga ng espirituwal na mundo. Walang hangganan ang tanawin ng kaharian. Maging mapagbantay tayo habang naghihintay. Hindi na masyadong malayo pa ang araw na iyon.

Umaalimpuyo ang mga apoy ng digmaan, napupuno ang hangin ng usok ng kanyon, nagbabago ang lagay ng panahon, nagbabago ang klima, lalaganap ang isang salot, at maaari lamang mamatay ang mga tao, na walang pag-asa na manatiling buhay.

Ah! Makapangyarihang Diyos, ang praktikal na Diyos! Ikaw ang aming matibay na muog. Ikaw ang aming kanlungan. Nag-uumpukan kami sa ilalim ng mga pakpak Mo, at hindi kami maaabot ng sakuna. Ganito ang Iyong maka-Diyos na pag-iingat at pangangalaga.

Itinataas naming lahat ang aming mga tinig sa awitin; umaawit kami sa pagpuri, at ang tunog ng aming papuri ay umaalingawngaw sa buong Sion! Inihanda na para sa atin ng Makapangyarihang Diyos, ng praktikal na Diyos, ang maluwalhating hantungang iyon. Maging mapagbantay—oh, magbantay! Hanggang sa kasalukuyan, hindi pa labis na huli ang oras.

Kabanata 6

Ang Makapangyarihang Diyos, ang Pinuno ng lahat ng bagay, ay gumagamit ng Kanyang kapangyarihan bilang hari mula sa Kanyang luklukan. Namumuno Siya sa sansinukob at sa lahat ng bagay, at ginagabayan Niya tayo sa buong daigdig. Maging malapit tayo sa Kanya sa bawat sandali, at humarap sa Kanya nang tahimik, na hindi nagsasayang kailanman ni isang sandali, at may mga aral tayong dapat matutuhan sa lahat ng oras. Lahat, mula sa kapaligirang nakapalibot sa atin hanggang sa mga tao, pangyayari, at bagay, ay umiiral sa pahintulot ng Kanyang luklukan. Huwag hayaang magkaroon ng hinaing sa inyong puso sa anumang dahilan, kung hindi ay hindi ipagkakaloob sa iyo ng Diyos ang Kanyang biyaya. Kapag dumapo ang karamdaman, ito ay pagmamahal ng Diyos, at tiyak na ang Kanyang mabubuting layunin ay nakapaloob dito. Bagama't maaaring medyo nahihirapan ang iyong katawan, huwag kang tumanggap ng mga ideya mula kay Satanas. Purihin ang Diyos sa gitna ng iyong karamdaman at tamasahin ang Diyos sa gitna ng iyong papuri. Huwag mawalan ng pag-asa kapag nagkaroon ka ng karamdaman, patuloy na maghanap nang maghanap at huwag susuko kailanman, at tatanglawan ka ng Diyos ng Kanyang liwanag. Gaano ba ang pananampalataya ni Job? Ang Makapangyarihang Diyos ay isang manggagamot

na makapangyarihan sa lahat! Ang manahan sa karamdaman ay ang magkasakit, subalit ang manahan sa espiritu ay ang gumaling. Hangga't may natitira kang hininga, hindi ka hahayaan ng Diyos na mamatay.

Nasa ating kalooban ang muling nabuhay na buhay ni Cristo. Hindi maikakaila na kulang ang ating pananampalataya sa presensya ng Diyos: Nawa'y pagkalooban tayo ng Diyos ng tunay na pananampalataya sa ating kalooban. Tunay ngang matamis ang salita ng Diyos! Ang salita ng Diyos ay mabisang gamot! Hinihiya nito ang mga diyablo at si Satanas! Ang pag-unawa sa salita ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng suporta. Mabilis na kumikilos ang Kanyang salita para iligtas ang ating puso! Iwinawaksi nito ang lahat ng bagay at pinapayapa ang lahat. Ang pananampalataya ay parang isang trosong tulay: Yaong mga nakakapit nang mahigpit sa buhay ay mahihirapang tumawid dito, ngunit yaong mga handang isakripisyo ang kanilang sarili ay makakatawid, nang hindi nahuhulog at walang pangamba. Kung ang tao ay nagkikimkim ng mga mahiyain at matatakuting saloobin, iyon ay dahil naloko siya ni Satanas, natatakot na tatawirin natin ang tulay ng pananampalataya upang makapasok sa Diyos. Sinusubukan ni Satanas ang lahat ng posibleng paraan para ipadala sa atin ang mga ideyang ito. Dapat nating ipanalangin sa Diyos sa bawat sandali na tanglawan tayo ng Kanyang liwanag, umasa sa Diyos sa bawat sandali na alisin ang lason ni Satanas mula sa ating kalooban, magsagawa sa ating espiritu sa bawat sandali kung paano mapalapit sa Diyos, at hayaang magkaroon ang Diyos ng kapamahalaan sa ating buong katauhan.

Kabanata 7

Ang pag-angat ng mga kapaligirang nakapalibot sa atin ay nagpapabilis sa ating pagbalik sa espiritu. Huwag kumilos nang may matigas na puso, na binabalewala kung ang Banal na Espiritu ay nag-aalala o hindi, at huwag magdunung-dunungan. Huwag maging kampante at masiyahan sa sarili o masyadong isipin na malaki ang iyong sariling mga paghihirap. Ang dapat lamang gawin ay sambahin ang Diyos sa espiritu at sa katotohanan. Hindi mo maaaring talikuran ang mga salita ng Diyos o magbingi-bingihan sa mga ito; kailangan mong pag-aralan nang husto ang mga ito, ulitin ang iyong mga pagbabasa nang padalangin, at unawain ang buhay sa loob ng mga salita. Huwag magsayang ng panahon sa mabilis na paglamon sa mga iyon nang hindi binibigyan ng panahon ang iyong sarili na unawain ang mga iyon. Umaasa ka ba sa mga salita ng Diyos sa lahat ng iyong ginagawa? Huwag magyabang na parang bata at pagkatapos ay malito tuwing may dumarating na problema. Kailangan mong sanayin ang iyong espiritu bawat oras ng bawat araw; huwag magpahinga ni isang sandali. Kailangang maging masigasig ang iyong espiritu. Sinumang tao o anumang pangyayari o bagay ang makakasalamuha mo, kung haharap ka sa Diyos, magkakaroon ka ng isang landas na susundan. Kailangan mong kainin at inumin ang mga salita ng Diyos araw-araw,

unawain ang kahulugan ng mga ito nang hindi nagpapabaya, dagdagan pa ang pagsisikap, unawain nang tumpak ang mga bagay-bagay hanggang sa pinakahuling detalye, at sangkapan ang iyong sarili ng buong katotohanan upang maiwasan ang maling pagkaunawa sa kalooban ng Diyos. Kailangan mong lawakan ang saklaw ng iyong karanasan at tumuon sa pagdanas ng mga salita ng Diyos. Sa pamamagitan ng karanasan, higit kang makatitiyak tungkol sa Diyos; kung walang karanasan, ang pagsasabi na nakatitiyak ka tungkol sa Kanya ay puro salita lamang na walang katuturan. Kailangang maging malinaw ang ating pag-iisip! Gising! Huwag nang maging makupad; kung hinaharap mo ang mga bagay-bagay nang hindi nag-iisip, nang hindi nagpupunyaging umunlad, talagang napakabulag mo. Kailangan mong tumuon sa gawain ng Banal na Espiritu, makinig na mabuti sa tinig ng Banal na Espiritu, buksan ang iyong mga tainga sa mga salita ng Diyos, pahalagahan ang panahong natitira sa iyo, at bayaran ang halaga, anuman ito. Kapag may bakal ka, gamitin iyon kung saan makakatulong—para makagawa ng matibay na talim; unawaing mabuti kung ano ang mahalaga, at tumuon sa pagsasagawa ng mga salita ng Diyos. Kung naisantabi mo ang mga salita ng Diyos, gaano man kabuti ang ipinapakita mo, mawawalan ng katuturan ang lahat ng iyon. Ang pagsasagawa sa pamamagitan lamang ng pagsasalita ay hindi katanggap-tanggap sa Diyos; ang pagbabago ay kailangang makita sa iyong ugali, disposisyon, pananampalataya, tapang at kabatiran.

Malapit na ang panahon! Kahit ang pinakamabubuting bagay sa mundong ito ay kailangang isantabi. Walang anumang mga paghihirap o panganib ang maaaring tumakot sa atin, ni hindi tayo madaraig, kahit bumagsak pa ang langit. Kung wala ang ganitong uri ng pagpapasya, mahihirapan ka talaga nang husto na magkaroon ng kabuluhan. Yaong mahihina ang loob at lubhang sabik na kumakapit sa buhay ay hindi karapat-dapat na tumayo sa harap ng Diyos.

Ang Makapangyarihang Diyos ay isang praktikal na Diyos. Gaano man tayo kamangmang, maaawa pa rin Siya sa atin, tiyak na ililigtas tayo ng Kanyang mga kamay, at gagawin pa rin Niya tayong ganap. Hangga't may puso tayong tunay na nagnanais sa Diyos, hangga't sumusunod tayo nang mahigpit at hindi nasisiraan ng loob, at hangga't nagmamadali tayong maghanap, talagang hindi Niya tatratuhin ang sinuman sa atin nang hindi patas, tiyak na pupunan Niya ang pagkukulang natin, at bibigyang-kasiyahan Niya tayo. Lahat ng ito ay kabaitan ng Makapangyarihang Diyos.

Kung may isang matakaw at tamad, nabubuhay na palaging busog, at walang pakialam sa lahat ng bagay, mahihirapan silang umiwas na makaranas ng kawalan. Nangingibabaw ang Makapangyarihang Diyos sa lahat ng bagay at pangyayari! Hangga't taos-puso natin Siyang sinasamba sa lahat ng oras at nakikipagngiti tayo at nagbabahagi sa Kanya, ipapakita Niya sa atin ang lahat ng bagay na ating hinahanap, at tiyak na mabubunyag sa atin ang Kanyang kalooban. Sa gayon ay magagalak at mapapayapa ang ating puso, matatag at may perpektong kalinawan. Mahalagang makayang kumilos alinsunod sa Kanyang mga salita. Ang makaya lamang na unawain

ang Kanyang kalooban at mabuhay nang nakaasa sa Kanyang mga salita ang itinuturing na tunay na karanasan.

Kung nauunawaan natin ang mga salita ng Diyos, saka lamang makakapasok ang katotohanan ng mga salita ng Diyos sa ating kalooban at magiging ating buhay. Kung walang anumang praktikal na karanasan, paano ka makakapasok sa realidad ng mga salita ng Diyos? Kung hindi mo matanggap ang mga salita ng Diyos bilang iyong buhay, hindi magbabago ang iyong disposisyon.

Napakabilis ng pag-unlad ng gawain ng Banal na Espiritu! Kung hindi ka susunod nang husto at tatanggap ng pagsasanay, mahihirapan kang sumabay sa bilis na pagsulong ng Banal na Espiritu. Magmadali at gumawa ng radikal na pagbabago, kung hindi ay matatapakan ka ni Satanas at papasok ka sa lawa ng apoy at asupre na hindi mo matatakan. Humayo ka na, at maghanap sa abot ng iyong makakaya, nang sa gayon ay hindi ka maiwaksi.

Kabanata 8

Mula pa noong panahong ang Makapangyarihang Diyos—ang Hari ng kaharian—ay nasaksihan, ang saklaw ng pamamahala ng Diyos ay ganap nang nabunyag sa buong sansinukob. Hindi lamang sa Tsina nasaksihan ang pagpapakita ng Diyos, kundi nasaksihan ang pangalan ng Makapangyarihang Diyos sa lahat ng bansa at lahat ng lugar. Silang lahat ay tumatawag sa banal na pangalang ito, naghahangad na makisalamuha sa Diyos sa anumang posibleng paraan, inuunawa ang kalooban ng Makapangyarihang Diyos at nagkakaisang naglilingkod sa Kanya sa loob ng iglesia. Ganito ang kahanga-hangang paraan ng paggawa ng Banal na Espiritu.

Ang mga wika ng iba't ibang bansa ay magkakaiba, ngunit iisa lamang ang Espiritu. Pinagsasama ng Espiritung ito ang mga iglesia sa buong sansinukob at lubos na kaisa sa Diyos, nang walang kahit kaunting pagkakaiba. Ito ay isang bagay na hindi mapagdududahan. Tinatawag na sila ngayon ng Banal na Espiritu at ginigising sila ng Kanyang tinig. Ito ang tinig ng habag ng Diyos. Tumatawag silang lahat sa banal na pangalan ng Makapangyarihang Diyos! Nagpupuri rin sila at umaawit. Hindi kailanman maaaring magkaroon ng anumang paglihis sa gawain ng Banal na Espiritu; gagawin ng mga taong ito ang lahat upang sumulong sa tamang landas, hindi sila umuurong—nagpapatung-patong ang mga kababalaghan. Ito ay isang bagay na mahirap isipin at imposibleng alamin ng mga tao.

Ang Makapangyarihang Diyos ang Hari ng buhay sa sansinukob! Nakaupo Siya sa maluwalhating trono at hinahatulan ang sanlibutan, nangingibabaw sa lahat, at pinaghaharian ang lahat ng bansa; lumuluhod ang lahat ng lahi sa Kanya, nananalangin sa Kanya, lumalapit sa Kanya at nakikipag-usap sa Kanya. Gaano katagal man kayong naniniwala sa Diyos, gaano man kataas ang inyong katayuan o gaano man kalayo ang

agwat ng inyong paglilingkod, kung sumasalungat kayo sa Diyos sa inyong mga puso, kailangan kayong hatulan at kailangan kayong magpatirapa sa harapan Niya, nang dumaraing ng masakit na pagsusumamo; ito talaga ang pag-aani ng mga bunga ng inyong sariling mga gawa. Ang tunog ng pagtangis na ito ang tunog ng pinapahirapan sa lawa ng apoy at asupre, at ito ang iyak ng kinakastigo ng bakal na pamalo ng Diyos; ito ang paghatol sa harap ng luklukan ni Cristo.

May mga taong natatakot, ang ilan ay inuusig ng konsensya, ang ilan ay gising, ang ilan ay sinisigurong nakikinig nang mabuti, ang ilan ay nagsisisi at nagsisimulang muli, nakakadama ng labis na pagkakonsensya, ang ilan ay mapait na tumatangis sa sakit, ang ilan ay isinusuko ang lahat at desperadong naghahanap, ang ilang tao ay sinusuri ang kanilang mga sarili at hindi na nangangahas kumilos nang marahas, ang ilan ay naghahangad na agad mapalapit sa Diyos, ang ilan ay sinusuri ang kanilang mga sariling konsensya, nagtatanong kung bakit hindi nagagawang umunlad ng kanilang mga buhay. Ang ilan ay nananatili sa kaguluhan, ang ilan ay kinakalagan ang kanilang mga paa at matapang na sumusulong, mahigpit na hinahawakan ang susi at hindi nag-aaksaya ng oras na asikasuhin ang kanilang mga buhay. Ang ilan ay nag-aatubili pa rin at naguguluhan tungkol sa mga pangitain—tunay na mabigat ang pasanin na kanilang tinitiiis at dinadala sa kanilang mga puso.

Kung hindi malinaw ang iyong isip, walang paraan ang Banal na Espiritu upang kumilos sa loob mo. Ang lahat ng pinagtutuunan mo ng pansin, ang paraan ng iyong paglalakad at lahat ng hinahangad ng iyong puso ay puno ng iyong mga kuru-kuro at ng iyong pagmamagaling! Inip na inip na ako—sana ay puwede Ko na agad gawing ganap kayong lahat upang sa madaling panahon kayo ay magawang karapat-dapat na magamit Ko, at nang gumaan ang Aking mabigat na pasanin. Ngunit sa pagtingin sa inyo, nakikita Kong hindi makatwiran na maghangad ng agarang resulta. Maaari lamang Akong matiyagang maghintay, dahan-dahang maglakad at dahan-dahang tumulong at umakay sa inyo. Ah, dapat ninyong linawin ang inyong mga isip! Ano ang dapat mong talikuran, ano ang iyong mga kayamanan, ano ang iyong mga nakamamatay na kahinaan, ano ang mga hadlang sa iyo? Pagnilay-nilayan mo pa ang mga katanungang ito sa iyong espiritu at makisalamuha sa Akin. Ang nais Ko ay tahimik Akong tingalain ng inyong mga puso; hindi ko gusto ang inyong papuri na sa salita lamang. Sa inyo na tunay na naghahanap sa harapan Ko, ihahayag Ko ang lahat sa iyo. Bumibilis ang Aking hakbang; hangga't tinitingala Ako ng iyong puso at sumusunod ka sa lahat ng oras, anumang oras ay maibibigay sa iyo ang Aking kalooban sa pamamagitan ng inspirasyon at mahahayag sa iyo. Yaong mga sinisiguradong maghihintay ay magkakamit ng panustos at magkakaroon ng landas na pasulong. Yaong mga walang-pakundangan ay mahihirapang maunawaan ang Aking puso, at sila ay lalakad sa isang daang walang labasan.

Nais Kong lahat kayo ay mabilis na bumangon at makipagtulungan sa Akin, at maging malapit sa Akin sa lahat ng oras, hindi lamang sa isang araw at isang gabi. Kailangan ay palagi kayong nahahatak at nahihikayat ng Aking kamay, naitutulak kayo pasulong,

nahihimok kayong magpatuloy at napakikiusapan kayong sumulong! Hindi lamang ninyo nauunawaan ang Aking kalooban. Masyadong matindi ang mga pagsagabal ng inyong sariling mga kuru-kuro at ang mga pagsagabal ng mga pagkakasangkot sa mundo, at hindi ninyo magawang magkaroon ng mas malalim na pakikipaglapit sa Akin. Sa totoo lang, lumalapit kayo sa Akin kapag mayroon kayong problema, ngunit kapag wala kayong problema, nagugulumihanan ang inyong mga puso. Ang inyong mga puso ay nagiging tulad ng isang malayang pamilihan, at puno ng mga satanikong disposisyon; puno ang mga iyon ng mga makamundong bagay at hindi ninyo alam kung paano makisalamuha sa Akin. Paanong hindi Ako mababagabag tungkol sa inyo? Ngunit hindi makatwirang mabagabag. Ang oras ay napakaikli at ang gawain ay napakahirap. Ang Aking mga hakbang ay tuluy-tuloy na lumilipad; kailangan ninyong panghawakang mahigpit ang lahat ng mayroon kayo, tingalain ninyo Ako sa bawat sandali, at makisalamuha nang malapitan sa Akin. Kung magkagayon, anumang sandali ay tiyak na mahahayag sa iyo ang Aking kalooban. Kapag inyong naunawaan ang Aking puso, magkakaroon kayo ng daang pasulong. Hindi na kayo dapat mag-atubili. Magkaroon kayo ng tunay na pakikisalamuha sa Akin, at huwag kayong gumamit ng pandaraya o subukang labis na magpakatalino; dadayain lamang ninyo ang inyong mga sarili at anumang sandali ay mabubunyag kayo sa harapan ng luklukan ni Cristo. Ang tunay na ginto ay hindi natatakot na subukin sa apoy—ito ang katotohanan! Huwag mag-atubili, at huwag kang masiraan ng loob o maging mahina. Lalo kang diretsahang makisalamuha sa Akin sa iyong espiritu, matiyagang maghintay, at tiyak na maghahayag Ako sa iyo sa Aking panahon. Talagang dapat kang mag-ingat at huwag mong hayaang masayang sa iyo ang Aking pagsisikap; huwag kang mag-aksaya ng kahit isang sandali. Kapag ang iyong puso ay patuloy na nakikisalamuha sa Akin, kapag ang iyong puso ay patuloy na nananahan sa harap Ko, walang tao, walang pangyayari, walang bagay, walang asawa, walang anak na lalaki o babae, ang makagagambala sa iyong pakikisalamuha sa Akin sa loob ng iyong puso. Kapag ang iyong puso ay palaging pinaghihigpitan ng Banal na Espiritu at kapag nakikisalamuha ka sa Akin sa bawat sandali, ang Aking kalooban ay tiyak na mahahayag sa iyo. Kapag palagi kang lumalapit sa Akin sa paraang ito, anuman ang nasa iyong mga paligid o ano mang tao, pangyayari o bagay ang iyong makaharap, hindi ka maguguluhan, kundi magkakaroon ka ng landas na pasulong.

Kung, sa pangkaraniwan, wala kang pinapalagpas na anumang bagay maging malaki man o maliit, kung ang bawat iniisip mo o ideya ay dinadalisa, at kung ikaw ay tahimik sa iyong espiritu, tuwing makakaharap ka ng problema, ang Aking mga salita ay kaagad magiging inspirasyon sa loob mo, gaya ng isang maliwanag na salamin para suriin mo ang iyong sarili, at magkakaroon ka ng landas na pasulong. Tinatawag ito na pag-angkop ng gamot sa karamdaman! At tiyak na gagaling ang sakit—ganito ang pagiging makapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay. Tiyak na tatanglawan at liliwanagan Ko ang lahat ng nagugutom at nauuhaw para sa katuwiran at naghahanap nang taos-puso. Ipapamalas Ko sa inyong lahat ang mga hiwaga ng espirituwal na

mundo at ang landas na pasulong, ipawawaksi Ko sa inyo ang inyong mga dating tiwaling disposisyon sa lalong madaling panahon, upang makamit ninyo ang kahustuhan ng buhay at maging karapat-dapat na magamit Ko, at upang sa madaling panahon ay makapagpatuloy ang gawain ng ebanghelyo nang walang sagabal. Saka lamang masisiyahan ang Aking kalooban, saka lamang matutupad ang anim na libong taong plano ng pamamahala ng Diyos sa pinakamaikling panahon. Makakamit ng Diyos ang kaharian at bababa sa lupa, at sama-sama tayong papasok sa kaluwalhatian!

Kabanata 9

Nais Kong paalalahanan ka na kahit na kaunting kalabuan o kawalang-ingat sa Aking salita ay hindi katanggap-tanggap; dapat kang makinig at sumunod, at magsagawa alinsunod sa Aking mga intensyon. Dapat palagi kang alerto, at hindi kailanman magpakita ng isang mapagmataas o mapagmagaling na disposisyon; sa lahat ng oras, dapat kang umasa sa Akin upang maitakwil yaong luma at likas na disposisyong nananahan sa loob mo. Dapat kaya mo palaging mapanatili ang normal na kalagayan sa harapan Ko, at magtaglay ng isang matatag na disposisyon. Ang iyong pag-iisip ay dapat maging matino at malinaw, at hindi dapat makontrol o mapasunod ng sinumang tao, anumang pangyayari, o bagay. Dapat palagi mong kaya na manahimik sa Aking presensya, at mapanatili ang patuloy na pagkamalapit at pagsasalamuha sa Akin. Dapat kang magpakita ng lakas at tapang, at manindigan sa iyong patotoo sa Akin; bumangon ka at magsalita sa ngalan Ko, at huwag kang matakot sa sasabihin ng ibang tao. Isakatuparan mo lamang ang Aking mga intensyon, at huwag hayaan ang sinuman na kontrolin ka. Ang Aking inihahayag sa iyo ay dapat sundin ayon sa Aking mga intensyon, at hindi maaaring maantala. Ano ang iyong nararamdaman sa kaibuturan mo? Hindi ka komportable, hindi ba? Mauunawaan mo. Bakit hindi mo magawang tumindig at magsalita sa ngalan Ko, habang isinasaalang-alang ang Aking pasanin? Pilit kang nakikisangkot sa walang-kuwentang pagpapakana, subali't nakikita Ko ang lahat nang malinaw. Ako ang iyong suporta at ang iyong kalasag, at lahat ay nasa Aking mga kamay. Ano, kung gayon, ang iyong ikinatatakot? Hindi ka ba sobrang emosyonal? Dapat mong isantabi ang iyong mga emosyon sa lalong madaling panahon; hindi Ako kumikilos nang ayon sa emosyon, sa halip ay isinasakatuparan Ko ang katuwiran. Kung ang iyong mga magulang ay gumagawa ng anumang hindi kapaki-pakinabang sa iglesia, hindi sila makakatakas. Ang Aking mga intensyon ay naihayag na sa iyo, at hindi mo maaaring ipagwalang-bahala ang mga ito. Sa halip, dapat mong ituon ang lahat ng iyong pansin sa mga ito, at isantabi ang lahat upang sumunod nang buong puso. Palagi Kitang iingatan sa Aking mga kamay. Huwag kang palaging maging mahiyain at kontrolado ng iyong asawa; dapat mong tulutan na maisakatuparan ang Aking kalooban.

Manampalataya ka! Manampalataya ka! Ako ang iyong makapangyarihan sa

lahat. Marahil ay may kaunti kang kabatiran tungkol dito, nguni't kailangan mo pa ring maging mapagbantay. Para sa kapakanan ng iglesia, ng Aking kalooban, at ng Aking pamamahala, dapat kang ganap na maging tapat, at ang lahat ng misteryo at kalalabasan ay ipapakita sa iyo nang malinaw. Wala nang pagkaantala pa; ang mga araw ay dumarating sa isang katapusan. Ano ang dapat mong gawin? Paano ka dapat maghangad na lumago at gumulang sa iyong buhay? Paano mo magagawa ang iyong sarili na kapaki-pakinabang sa Akin nang mas maaga? Paano mo magagawa na maisakatuparan ang Aking kalooban? Ang mga katanungang ito ay nangangailangan ng masusing pag-iisip at mas malalim na pagsasalamuha sa Akin. Umasa ka sa Akin, maniwala sa Akin, huwag kailanman maging pabaya, at makayang gawin ang mga bagay-bagay alinsunod sa Aking patnubay. Ikaw ay dapat lubos na nasasangkapan ng katotohanan, at dapat mong kainin at inumin ito nang mas madalas. Bawa't katotohanan ay dapat maisagawa bago ito maaaring maunawaan nang malinaw.

Nararamdaman mo ba ngayon na wala kang sapat na oras? Nararamdaman mo rin ba na sa loob, ikaw ay hindi na katulad ng dati, at na ang iyong pasanin ngayon ay tila napakabigat? Ang Aking mga intensyon ay nasa iyo; dapat malinaw ang iyong pag-iisip, huwag kang lumayo sa mga ito, at manatili kang nakaugnay sa Akin palagi. Manatili kang malapit sa Akin palagi, makipagniig sa Akin, maging mapagsaalang-alang sa Aking puso, at magawang maglingkod nang nakikipagtulungan sa iba, upang ang Aking mga intensyon ay laging maihahayag sa inyo. Magbigay ka ng masusing pansin sa lahat ng oras! Masusing pansin! Huwag magmabagal kahit na kaunti; iyon ay iyong tungkulin, at nananahan sa loob nito ang Aking gawain.

Sa puntong ito, maaaring mayroon ka nang nakamit na kaunting pagkaunawa, at nadarama mong ito ay lubhang kamangha-mangha. Maaaring nagkaroon ka ng pag-aalinlangan noong nakaraan, nadama na lubos itong naiiba sa mga konsepto, ideya, at kaisipan ng tao, nguni't nauunawaan mo na ito ngayon. Ito ang Aking kamangha-manghang gawain, at ito rin ang kamangha-manghang gawain ng Diyos; talagang dapat kang gising na gising at maghintay habang lumalakad ka rito. Ang oras ay nasa Aking mga kamay; huwag mong sayangin ito, at huwag kailanman magmabagal kahit na isang sandali; ang pag-aaksaya ng oras ay umaantala sa Aking gawain at hinahadlangan nito ang Aking kalooban sa iyo. Dapat kang magnilay at magbahagi sa Akin nang madalas. Dapat mo ring dalhin sa harapan Ko ang lahat ng iyong pagkilos, paggalaw, kaisipan, ideya—ang iyong pamilya, iyong asawa, iyong mga anak na lalaki at babae. Huwag kang umasa sa sarili sa iyong pagsasagawa, o kung hindi ay magagalit Ako nang labis, at malaki ang mawawala sa iyo.

Pigilan mo ang mga sarili mong hakbang sa lahat ng oras, at palaging lumakad alinsunod sa Aking mga salita. Dapat kang magkaroon ng Aking karunungan. Lumapit ka sa harapan Ko kung humaharap ka sa anumang kahirapan, at bibigyan Kita ng patnubay. Huwag kang lumikha ng problema o makipagniig nang may kaguluhan. Kung walang tinatanggap na kapakinabangan ang iyong buhay, ito ay dahil kulang ang iyong

kaalaman at hindi mo nakikita ang kaibahan ng mabubuti at masasamang salita. Hindi mo ito matatanto hanggang mapinsala ka na, at nasa masamang kalagayan, at wala ang presensya ng Banal na Espiritu, subali't sa sandaling iyon, magiging huli na ang lahat. Kulang na kulang na sa oras ngayon, kaya't hindi ka dapat mahuli kahit na kaunti sa karera ng buhay; dapat mong sundan nang mabuti ang Aking mga yapak. Kapag dumating ang anumang kahirapan, makibahagi ka sa madalas na pagninilay-nilay sa pamamagitan ng pananatiling malapit sa Akin, at direktang makisalamuha sa Akin. Kung maiintindihan mo ang landas na ito, mapapadali nito ang pagpasok na naghihintay sa iyo.

Ang Aking mga salita ay hindi lamang nakadirekta sa iyo; bawa't isa sa iglesia ay nagkukulang sa iba't ibang aspeto. Dapat kayong magbahagi nang higit pa, magawang kumain at uminom nang nakapag-iisa sa panahon ng inyong sariling espirituwal na debosyon, at magawang maunawaan ang mahahalagang katotohanan at maisagawa ang mga ito kaagad. Dapat mong masimulang maunawaan nang tama ang realidad ng Aking salita: Intindihin ang pinakabuod at mga prinsipyo nito, at huwag luwagan ang iyong kapit. Palaging magnilay, at palaging makisalamuha sa Akin, at unti-unting mabubunyag ang mga bagay-bagay. Hindi ka puwedeng lumapit sa Diyos nang sandaling panahon at, pagkatapos, nang hindi mo hinihintay na tumahimik ang puso mo sa harap Niya, magambala kapag may iba pang nangyari sa iyo. Lagi kang nalilito at nalalabuan sa mga bagay-bagay, at hindi kayang makita ang Aking mukha; kaya't hindi mo nakakamit ang malinaw na pagkaunawa sa Aking puso—at kahit na nauunawaan mo ito nang kaunti, hindi ka nakatitiyak at nag-aalinlangan pa rin. Kapag lamang taglay Ko ang iyong buong puso, at ang iyong isip ay hindi na nagagambala ng anumang makamundong bagay at nakapaghihintay ka nang may malinaw at payapang isip, saka Ako maghahayag sa inyo, isa-isa, alinsunod sa Aking mga intensyon. Dapat ninyong maunawaan ang landas na ito ng pagiging malapit sa Akin. Sinumang humahampas o sumusumpa sa iyo, o gaano man kaganda ang mga bagay na iniaalok sa iyo ng mga tao, hindi ito katanggap-tanggap kung pinipigilan ka nila na maging malapit sa Diyos. Hayaan mo ang iyong puso sa Aking hawak, at huwag kang umalis sa tabi Ko kailanman. Sa ganitong uri ng pagkakalapit at pagsasalamuha, ang iyong mga magulang, asawa, mga anak, iba pang kaanak, at mga makamundong kaugnayan, ay lahat maglalaho. Tatamasahin mo ang isang halos di-mailalarawang katamisan sa iyong puso, at mararanasan mo ang isang mabango at masarap na lasa; bukod dito, tunay na hindi ka na mahihiwalay sa Akin. Kung magpapatuloy kayo sa ganitong paraan, mauunawaan ninyo kung ano ang nasa Aking puso. Hindi kayo kailanman maliligaw ng landas habang patuloy kayong sumusulong, sapagka't Ako ang inyong daan, at ang lahat ng bagay ay umiiral dahil sa Akin. Kung gaano kagulang ang inyong buhay, kung kailan ninyo magagawang makawala mula sa kamunduhan, kung kailan ninyo magagawang iwaksi ang inyong mga emosyon, kung kailan ninyo magagawang iwanan ang inyong asawa at mga anak, kung kailan magiging may gulang ang inyong

buhay ... ang lahat ng bagay na ito ay magaganap alinsunod sa Aking oras. Hindi na kailangang mabalisa.

Dapat kang magkamit ng pagpasok mula sa positibong panig. Kung basta ka lamang naghihintay, negatibo ka pa rin. Dapat kang maging maagap sa pakikipagtulungan sa Akin; maging masigasig at huwag kailanman maging tamad. Palaging makisalamuha sa Akin at magkamit ng mas malalim pang kaugnayan sa Akin. Kung hindi mo nauunawaan, huwag kang mainip para sa mabilisang mga resulta. Hindi naman sa hindi Ko sasabihin sa iyo; nais Ko lamang makita kung aasa ka sa Akin kapag ikaw ay nasa Aking presensya, at kung ikaw ay magtitiwala sa iyong pag-asa sa Akin. Dapat palagi kang manatiling malapit sa Akin, at ilagay ang lahat ng bagay sa Aking mga kamay. Huwag kang bumalik nang walang kabuluhan. Pagkatapos kang maging malapit sa Akin sa loob ng ilang panahon nang di-namamalayan, ang Aking mga intensyon ay ihahayag sa iyo. Kung maiintindihan mo ang mga ito, tunay na makakaharap mo Ako, at tunay mong matatagpuan ang Aking mukha. Ikaw ay magkakaroon ng lubhang kalinawan at katatagan sa loob mo, at magkakaroon ka ng isang bagay na maaasahan. At pagkatapos ay magtataglay ka rin ng kapangyarihan, gayon din ng kompiyansa, at magkakaroon ka ng isang landas pasulong. Ang lahat ay magiging madali sa iyo.

Kabanata 10

Hindi ka dapat matakot sa ganito at ganyan; gaano man karaming hirap at panganib ang maaari mong harapin, kaya mong manatiling hindi natitinag sa Aking harapan, hindi nahahadlangan ng anumang balakid, upang ang Aking kalooban ay maisagawa nang walang sagabal. Ito ang iyong tungkulin; kung hindi ay mapapasaiyo ang Aking poot, at gagawin Ko ito sa pamamagitan ng Aking kamay.... Pagkatapos ay magtitiis ka ng walang-hanggang pagdurusa ng isipan. Kailangan mong tiisin ang lahat; para sa Akin, kailangan mong maging handang bitawan ang lahat ng pag-aari mo at gawin ang lahat ng iyong magagawa upang sumunod sa Akin, at maging handang gugulin ang lahat ng mayroon ka. Ngayon ang panahon na susubukin kita: Ihahandog mo ba ang iyong katapatan sa Akin? Makasusunod ka ba sa Akin hanggang sa dulo ng daan nang may katapatan? Huwag matakot; sa suporta Ko, sino ang makakahadlang sa daan? Tandaan ito! Huwag kalimutan! Ang lahat ng nagaganap ay sa pamamagitan ng Aking mabuting hangarin, at ang lahat ay nasa ilalim ng Aking pagmamasid. Masusunod mo ba ang Aking salita sa lahat ng sinasabi at ginagawa mo? Kapag ang mga pagsubok ng apoy ay sumapit sa iyo, luluhod ka ba at tatawag? O yuyukod ka ba at hindi na kakayaning sumulong?

Kailangan mong taglayin ang Aking katapangan sa iyong kalooban at kailangan mong magkaroon ng mga prinsipyo kapag humaharap ka sa mga kamag-anak na hindi naniniwala. Gayunman, para sa Aking kapakanan, hindi ka rin dapat na sumuko sa kahit

anong mga puwersa ng kadiliman. Manalig ka sa Aking karunungan upang makalakad sa perpektong daan; huwag hayaan ang mga pakikipagsabwatan ni Satanas na makapangyari. Ibhos ang lahat ng iyong pagsisikap sa paglalagay ng iyong puso sa Aking harapan, at pagiginhawahin kita at bibigyan ka ng kapayapaan at kaligayahan. Huwag magsikap na maging isang bagay sa harap ng ibang mga tao; hindi ba't mas mahalaga at matimbang ang bigyan Ako ng kasiyahan? Sa pagbibigay ng kasiyahan sa Akin, hindi ka ba higit na magkakaroon ng walang-hanggan at panghabambuhay na kapayapaan at kaligayahan? Ang kasalukuyang pagdurusa mo ay indikasyon kung gaano kalaki ang iyong magiging mga pagpapala sa hinaharap; hindi kayang isalarawan ang mga ito. Hindi mo nalalaman kung gaano kalaki ang mga pagpapala na iyong makakamtan; hindi mo man lamang ito kayang pangarapin. Ngayon ang mga iyon ay nagkatotoo; talagang totoong-totoo! Hindi ito napakalayo—nakikita mo ba ito? Bawat huling himaymay nito ay nasa loob Ko; kay liwanag ng daan pasulong! Pahirin ang iyong mga luha, at huwag nang masaktan o magdalamhati. Ang lahat ng bagay ay isinasaayos ng Aking mga kamay, at ang Aking layunin ay ang gawin kayong mga mananagumpay at dalhin kayo sa kaluwalhatian kasama Ko. Dapat kang maging mapagpasalamat at puno ng papuri para sa lahat ng nangyayari sa iyo; iyan ay magbibigay sa Akin ng malaking kasiyahan.

Ang hindi pangkaraniwang buhay ni Cristo ay nagpakita na, wala kang dapat katakutan. Ang mga Satanas ay nasa ilalim ng ating mga paa, at hindi na magtatagal ang kanilang panahon. Gumising! Iwaksi ang mundo ng kahalayan; palayain ang iyong sarili mula sa bangin ng kamatayan! Maging tapat sa Akin anuman ang mangyari, at sumulong nang may katapangan; Ako ang iyong matibay na sandigan, kaya manalig sa Akin!

Kabanata 11

Ako ba ang iyong Diyos? Ako ba ang iyong Hari? Tunay bang hinayaan mo Akong mamuno bilang Hari sa kalooban mo? Dapat kang lubusang magnilay sa iyong sarili. Hindi mo ba sinaliksik at tinanggihan ang bagong liwanag nang dumating ito, hanggang sa punto pa nga na huminto ka nang hindi ito sinusundan? Dahil dito, ikaw ay sasailalim sa paghatol at babagsak sa iyong kapahamakan; ikaw ay hahatulan at hahampasin ng bakal na pamalo, at hindi mo mararamdaman ang gawain ng Banal na Espiritu. Hindi magtatagal ay iiyak ka at iluluhod ang iyong mga tuhod sa pagsamba, at mananaghoy nang malakas. Lagi Kong sinasabi sa inyo at lagi Akong nagsasalita sa inyo; at hindi Ko kailanman ipinagkait ang Aking mga salita sa inyo. Magbalik-tanaw: Kailan ba Ako nabigong sabihin sa inyo ang isang bagay? Gayunpaman, may mga tao na nagpipilit gawin ang mga bagay-bagay sa maling paraan. Sila ay nawawala sa isang kulumpon ng pag-aalinlangan na humaharap sa araw at kailanman ay hindi nila nakita ang liwanag. Hindi ba ito dahil sa ang palagay nila sa kanilang “sarili” ay lubhang malakas o

ang kanilang sariling mga kuru-kuro ay napakarami? Kailan ka pa nagkaroon ng anumang pagsasaalang-alang sa Akin? Kailan ka pa nagkaroon ng puwang sa puso mo para sa Akin? Kapag ikaw ay nabigo na, kapag nakita mo ang iyong sarili na walang-kakayahan, at kapag ikaw ay wala nang mapagpilian, doon ka lamang nananalangin sa Akin. Kung gayon: Bakit hindi mo gawin ang mga bagay-bagay sa iyong sarili ngayon? Kayong mga tao! Ang inyong mga lumang sarili ang sumira sa inyo!

May mga tao na hindi masumpungan ang daan, at hindi sila makasabay sa bagong liwanag. Sila ay nakikipagbahagian lamang tungkol sa mga nakita nila noon; walang anumang bago para sa kanila. Bakit ganon? Namumuhay kayo sa loob ng inyong mga sarili at pinagsarahan na ninyo Ako ng pinto. Nakikita na ang paraan ng gawain ng Banal na Espiritu ay nagbago, sa puso mo, ikaw ay laging maingat na magkamali. Nasaan ang pagpipitagan mo sa Diyos? Hinanap mo na ba ito sa katahimikan ng presensiya ng Diyos? Ikaw ay nag-iisip-isip: “Ganyan ba talaga gumawa ang Banal na Espiritu?” Ang nakita ng ilang tao ay ang gawain ng Banal na Espiritu, gayunman mayroon pa rin silang mga bagay na sinasabi tungkol dito; inaamin ng iba na ito ang salita ng Diyos, gayunman ay hindi nila ito tinatanggap. Magkakaibang kuru-kuro ang umuusbong sa loob ng bawat isa sa kanila, at hindi nila nauunawaan ang gawain ng Banal na Espiritu. Sila ay pabaya at hindi maingat, at hindi handang magbayad ng halaga at maging tapat sa Aking presensiya. Binigyang kaliwanagan na sila ng Banal na Espiritu, ngunit ayaw nilang lumapit sa harap Ko upang makipagniig at maghanap. Sa halip, sinusunod nila ang kanilang sariling mga pagnanais, ginagawa ang ano mang ikinasisiya nila. Anong klaseng hangarin ito?

Kabanata 12

Kung pabagu-bago ang disposisyon mo, paiba-iba ng direksyon na gaya ng hangin o ulan, at kung hindi mo magawang patuloy na sumulong nang buo mong lakas, hindi malalayo sa iyo ang Aking pamalo. Kapag ikaw ay pinakikitunguhan, mas malupit ang kapaligiran at mas lalo kang inuusig, mas lalago ang pagmamahal mo sa Diyos, at titigil kang kumapit sa sanlibutan. Kung walang ibang paraan para sumulong, lalapit ka sa Akin at mababawi mo ang iyong lakas at tiwala. Gayunman, sa mas maginhawang mga kapaligiran, maguguluhan ka. Kailangan mong pumasok mula sa panig ng pagiging positibo, maging aktibo at huwag kang balintiyak. Hindi ka dapat mayanig ng kahit sino o kahit ano, sa lahat ng sitwasyon, at hindi ka dapat maimpluwensyahan ng mga pananalita ng sinuman. Kailangan mong magkaroon ng isang matatag na disposisyon; anuman ang sabihin ng mga tao, kailangan mong isagawa kaagad ang nalalaman mong katotohanan. Kailangan mong isaloob palagi ang Aking mga salita, kahit sino pa ang kaharap mo; kailangan mong magawang manindigan sa iyong patotoo sa Akin at magpakita ng konsiderasyon sa Aking mga pasanin. Hindi ka dapat pikit-matang

sumasang-ayon sa iba nang wala kang sariling mga ideya; sa halip, dapat kang maglakas-loob na manindigan at tumutol sa mga bagay na hindi umaayon sa katotohanan. Kung alam na alam mo na may mali, subalit wala kang lakas ng loob na ilantad ito, hindi ka isang taong nagsasagawa ng katotohanan. May gusto kang sabihin, ngunit hindi ka naglalakas-loob na magsalita, kaya nagpapaliguy-ligoy ka at pagkatapos ay binabago ang paksa; nasa loob mo si Satanas na pinipigilan ka, na nagiging dahilan para magsalita ka nang walang anumang epekto at hindi mo magawang magtiyaga hanggang katapusan. May takot pa rin sa puso mo, at hindi ba ito ay dahil puno pa rin ng mga ideya ni Satanas ang puso mo?

Ano ang isang mananagumpay? Ang mabubuting sundalo ni Cristo ay kailangang maging matapang at manalig sa Akin upang maging malakas sa espirituwal; kailangan silang lumaban upang maging mga mandirigma at labanan si Satanas hanggang kamatayan. Kailangan mong manatiling gising palagi, kaya kita pinakikiusapan na aktibong makipagtulungan sa Akin sa bawat sandali at matuto kang mas mapalapit sa Akin. Kung, anumang oras at sa anumang sitwasyon, kaya mong manatiling tahimik sa Aking harapan, na nakikinig sa Aking pananalita at nakatuon sa Aking mga salita at kilos, hindi ka matatangay at mawawalan ng paninindigan. Anuman ang matanggap mo na niloloob Ko ay maaaring isagawa. Bawat isa sa Aking mga salita ay nakatutok sa iyong kalagayan, at tumatagos sa puso mo. Kahit maaaring itanggi ng bibig mo ang mga ito, hindi mo maitatanggi ang mga ito sa puso mo. Bukod pa ryan, kung pag-aaralan mo ang Aking mga salita, ikaw ay hahatulan. Ibig sabihin, ang Aking mga salita ang katotohanan, ang buhay, at ang daan; ang mga ito ay isang matalas na tabak na magkabila ang talim, at kaya ng mga itong magapi si Satanas. Yaong mga nakauunawa at may daan para maisagawa ang Aking mga salita ay pinagpapala, at yaong mga hindi nagsasagawa ng mga ito ay siguradong hahatulan; napakapraktikal nito. Sa panahong ito, lumawak na ang saklaw ng Aking hinahatulan. Hindi lamang yaong mga nakakakilala sa Akin ang hahatulan sa Aking harapan, kundi hahatulan din yaong mga hindi naniniwala sa Akin at ginagawa ang lahat upang labanan at hadlangan ang gawain ng Banal na Espiritu. Makikita ng lahat ng nasa Aking harapan na sumusunod sa Aking mga yapak na ang Diyos ay isang naglalagablab na apoy! Ang Diyos ay kamahalan! Isinasakatuparan Niya ang Kanyang mga paghatol, at sinesentensiyahan sila ng kamatayan. Yaong mga nasa iglesia na hindi nakikinig sa pagsunod sa gawain ng Banal na Espiritu, na gumagambala sa gawaing iyon, na nagyayabang, na mali ang mga hangarin at mithiin, na hindi nagsisikap na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos, na nalilito at naghihinala, na sinusuring mabuti ang gawain ng Banal na Espiritu—ang mga salita ng paghatol ay darating sa mga taong ito anumang oras. Lahat ng kilos ng mga tao ay mabubunyag. Sinisiyasat ng Banal na Espiritu ang kaibuturan ng puso ng mga tao, kaya't huwag kang hindi nag-iisip; mag-ingat at maging listo. Huwag kang kumilos mag-isa nang pikit-mata. Kung hindi naayon ang iyong mga kilos sa Aking mga salita, ikaw ay hahatulan. Hindi ka maaaring manggaya, magkunwari, o hindi tunay na

makaunawa; kailangan mong lumapit sa Aking harapan at kausapin Ako nang madalas.

Anuman ang kunin mo mula sa Aking kalooban ay magbibigay sa iyo ng isang daan para magsagawa. Sasamahan ka rin ng Aking mga kapangyarihan, mapapasaiyo ang Aking presensya, at lalakad palagi ayon sa Aking mga salita; malalagpasan mo ang lahat ng makamundong bagay at magtataglay ka ng kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli. Kung wala ang Aking mga salita at Aking presensya sa iyong mga salita, ugali, at kilos, at inilalayo mo ang iyong sarili sa Akin at namumuhay ka sa iyong sarili, nabubuhay sa mga kuru-kuro ng isipan at sa mga doktrina at panuntunan, patunay iyan na naitakda mo na ang iyong isipan sa mga kasalanan. Sa madaling salita, patuloy kang nakahawak sa dati mong pagkatao, at hindi mo hinahayaan ang iba na saktan ka o sirain ang iyong kaluluwa kahit kaunti. Ang mga taong gumagawa nito ay napakahina ng kakayahan at medyo kakatwa, at hindi nila nakikita ang biyaya ng Diyos o napapansin ang Kanyang mga pagpapala. Kung patuloy kang iiwas nang husto, kailan mo Ako mahahayaang gawaan ang iyong kalooban? Pagkatapos Kong magsalita, nakinig ka nga ngunit wala kang natandaan, at nagiging napakahina mo tuwing natutukoy talaga ang mga problema mo. Anong uri ba ng tayog iyan? Kailan kita magagawang ganap kung lagi kang kailangang amuin? Kung natatakot kang mabunggo at magalusan, dapat kang magmadaling lumabas at magbabala sa iba na, “Hindi ko hahayaang pakitunguhan ako ng sinuman; kaya kong alising mag-isa ang likas at dati kong disposisyon.” Sa gayon, walang sinumang pupuna sa iyo o hihipo sa iyo, at magiging malaya kang maniwala sa anumang paraang nais mo nang walang sinumang nakikialam sa iyo. Kaya mo bang sundan ang Aking mga yapak nang ganito? Ang pagsasabing natitiyak mo na Ako ang iyong Diyos at iyong Panginoon ay hungkag na mga salita lamang. Kung talagang wala kang alinlangan, hindi magiging problema ang mga bagay na ito, at maniniwala ka na ang pagmamahal at mga pagpapala ng Diyos ang sumaiyo. Kapag nagsasalita Ako, ito ay sa Aking mga anak, at dapat tugunan ng pasasalamat at papuri ang Aking mga salita.

Kabanata 13

Sa inyong kasalukuyang kalagayan, masyado kayong nakakapit sa mga kuru-kuro ng sarili, at talagang malubha ang mga paggambala ng mga relihiyon sa inyong kalooban. Hindi ninyo kayang kumilos sa espiritu, hindi ninyo maunawaan ang gawain ng Banal na Espiritu, at tinatanggihan ninyo ang bagong liwanag. Hindi mo nakikita ang araw sa maghapon dahil bulag ka, hindi mo nauunawaan ang mga tao, hindi mo kayang iwanan ang mga “magulang” mo, kulang ka sa espirituwal na pagtalos, hindi mo makilala ang gawain ng Banal na Espiritu, at wala kang ideya kung paano kumain at uminom ng Aking salita. Problema na hindi mo alam kung paano kumain at uminom nito sa iyong sarili. Sumusulong ang gawain ng Banal na Espiritu sa kagila-gilalas na bilis bawat

araw. May bagong liwanag araw-araw, at may bago at sariwang mga bagay araw-araw. Gayunman, hindi mo naiintindihan. Sa halip, gusto mong gumawa ng pananaliksik, tinitingnan mo ang mga bagay-bagay sa pamamagitan ng pananaw ng iyong sariling mga kagustuhan nang hindi maingat na isinasaalang-alang ang mga iyon, at nakikinig ka nang tuliro. Hindi ka masigasig na nananalangin sa espiritu, ni hindi ka rin tumitingin sa Akin o higit na nagbubulay-bulay sa Aking mga salita. Kaya ang tanging mayroon ka ay mga titik, mga tuntunin, at mga doktrina. Dapat kang magkaroon ng malinaw na ideya kung paano kumain at uminom ng Aking salita, at kailangang dalhin mo ang Aking salita sa harapan Ko nang mas madalas.

Hindi makabitaw sa kanilang mga sarili ang mga tao sa ngayon; lagi nilang iniisip na sila ay tama. Nakalubog sila sa kanilang sariling maliit na mundo, at hindi sila ang mga tamang uri ng tao. Mali ang kanilang mga layunin at hangarin, at kung magpapatuloy sila sa mga bagay na ito, tiyak na hahatulan sila, at sa malulubhang kaso, maaalis sila. Dapat kang higit na magsikap na magkaroon ng tuluy-tuloy na pakikisalamuha sa Akin, at hindi basta makisalamuha sa kanino pa mang gusto mo. Dapat kang magkaroon ng pagkaunawa sa mga taong iyong binabahaginan, at kailangan kayong magbahagian tungkol sa mga espirituwal na usapin sa buhay; sa ganitong paraan mo lamang matutustusan ng buhay ang iba at mapupunan ang kanilang mga kakulangan. Hindi ka dapat gumamit ng tonong nagesesermon sa kanila; iyon ay hindi talaga dapat gawin ng isang tao. Sa pakikisalamuha, dapat kang magkaroon ng pagkaunawa sa mga espirituwal na bagay, dapat kang magtaglay ng karunungan, at dapat maunawaan mo kung ano ang nasa mga puso ng mga tao. Dapat kang maging isang taong nasa tama kung maglilingkod ka sa iba, at dapat kang makisalamuha gamit ang lahat ng mayroon ka.

Ang napakahalagang bagay ngayon ay ang magawa mong makisalamuha sa Akin, na malapit na makipag-ugnayan sa Akin, na ikaw mismo ay kumain at uminom, at maging malapit sa Diyos. Dapat mong maunawaan sa lalong madaling panahon ang mga espirituwal na usapin, at makayang maunawaang mabuti ang iyong kapaligiran at kung ano ang isinaayos sa paligid mo. Kaya mo bang maunawaan kung ano Ako? Lubhang mahalaga na kumain at uminom ka ayon sa kakulangan mo, at mabuhay sa pamamagitan ng Aking salita! Kilalanin mo ang Aking mga kamay at huwag magreklamo. Kung magrereklamo ka at hihiwalay, maaaring mawala sa iyo ang pagkakataong matanggap ang biyaya ng Diyos. Magsimula ka sa pagiging malapit sa Akin: Ano ang kulang sa iyo at paano ka mapapalapit sa Akin at makakaunawa sa Aking puso? Mahirap para sa mga tao na mapalapit sa Akin, dahil hindi nila mabitawan ang sarili. Laging pabagu-bago ang kanilang disposisyon, sala sa init at sala sa lamig, at labis ang pagtingin at kasiyahan nila sa kanilang mga sarili sa sandaling makatikim sila ng kaunting tamis. May mga taong hindi pa nagigising; gaano karami sa sinasabi mo ang kumakatawan sa kung ano ka? Gaano karami rito ang pagtatanggol sa iyong sarili, at gaano karami rito ang panggagaya sa iba, at gaano karami rito ang pagsunod lamang

sa mga tuntunin? Ang dahilan kaya hindi mo matarok o maunawaan ang gawain ng Banal na Espiritu ay dahil hindi mo alam kung papaano mapalapit sa Akin. Sa panlabas, palagi kang nagmumuni-muni hinggil sa mga bagay-bagay, umaasa sa mga kuru-kuro ng sarili at sa iyong isipan; lihim kang nagsasaliksik at nakikisangkot sa mga maliliit na pakana, at ni hindi mo nga ito maihayag sa lahat. Ipinakikita nito na hindi mo tunay na nauunawaan ang gawain ng Banal na Espiritu. Kung talagang naiintindihan mo na ang isang bagay ay hindi nanggagaling sa Diyos, bakit hindi ka nangangahas na manindigan at tanggihan ito? Ilan ang makakapanindigan at makapagsasalita para sa Akin? Wala ka ni katiting na lakas ng karakter ng anak na lalaki.

Ang layunin ng lahat ng naisaayos ngayon ay ang sanayin kayo upang lumago sa inyong mga buhay, upang gawing matalas at listo ang inyong espiritu, at upang buksan ang inyong espirituwal na mga mata upang makilala ninyo ang mga bagay-bagay na galing sa Diyos. Ang galing sa Diyos ay nagbibigay-kakayahan sa iyo na maglingkod nang may kakayahan at dinadalang responsibilidad, at maging matatag sa espiritu. Ang lahat ng mga bagay na hindi galing sa Akin ay hungkag; walang ibinibigay sa iyo ang mga ito, nagiging sanhi upang maging hungkag ang iyong espiritu at mawala ang iyong pananampalataya, at naglalagay ng agwat sa pagitan natin, binibihag ka sa sarili mong isipan. Maaari mong mahigitan ang lahat sa sekular na mundo kapag nabubuhay ka sa espiritu, ngunit ang mabuhay sa isipan mo ay pagpapasakop kay Satanas; walang patutunguhan ito. Napakasimple nito ngayon: Tumingin ka sa Akin gamit ang iyong puso at kaagad na magiging malakas ang iyong espiritu. Magkakaroon ka ng landas sa pagsasagawa, at gagabayan Ko ang bawat hakbang mo. Mabubunyag sa iyo ang Aking salita sa lahat ng sandali at sa lahat ng dako. Saanman o kailanman, o gaano man kasama ang kapaligiran, bibigyan Kita ng malinaw na pagtingin, at mabubunyag sa iyo ang Aking puso kung titingin ka sa Akin gamit ang iyong puso; sa ganitong paraan ay tatakbo ka sa iyong patutunguhan at hindi kailanman maliligaw. Sinusubukan ng ilang tao na tumahak sa panlabas na landas nang nangangapa, ngunit hindi nila ito ginagawa sa loob ng kanilang espiritu. Madalas na hindi nila maunawaan ang gawain ng Banal na Espiritu. Kapag nakikisalamuha sila sa ibang tao, mas nalilito lamang sila, na walang landas na sinusundan at hindi nalalaman kung ano ang dapat gawin. Hindi alam ng ganitong mga tao kung ano ang masakit sa kanila; maaaring marami silang pag-aari at mukhang nasisiyahan sa panloob, ngunit iyan ba'y may anumang pakinabang? Mayroon ka ba talagang landas na susundan? Mayroon ka bang anumang pagtanglaw o kaliwanagan? Mayroon ka bang anumang bagong mga pagkaunawa? Umunlad ka ba o ikaw ba'y lumala? Makakasabay ka ba sa bagong liwanag? Wala kang pagpapasakop; ang pagpapasakop na madalas mong binabanggit ay walang iba kundi salita lamang. Namumuhay ka ba na masunurin?

Gaano kalaki ang hadlang na dulot ng pagmamagaling, pagiging-kampante, kasiyahan-sa-sarili at pagmamataas ng mga tao? Sino ang sisisihin kapag hindi ka makakapasok sa realidad? Dapat mong suriin nang maigi ang iyong sarili para

makita kung ikaw ay taong nasa tama. Ginagawa mo ba ang mga mithiin at layunin mo na Ako ang nasa isip? Ang iyo bang mga salita at pagkilos ay sinasabi at ginagawa sa Aking presensiya? Sinusuri Ko ang lahat ng iyong mga iniisip at palagay. Hindi ka ba nakokonsensya? Nagbabalatkayo ka at mahinahon kang umaasta na may pagmamagaling; ginagawa mo ito para ipagsanggalang ang sarili mo. Ginagawa mo ito para ikubli ang iyong kasamaan, at naghahanap ka pa nga ng mga paraan upang itulak ang kasamaang iyan sa iba. Anong kataksilan ang nananahan sa puso mo! Isipin mo ang lahat ng nasabi mo na. Hindi ba't para sa iyong kapakanan kaya natakot ka na ang sarili mong kaluluwa ang masasaktan at kaya ikinubli mo si Satanas, at pagkatapos ay sapilitan mong pinagkaitan ang iyong mga kapatid ng makakain at maiinom? Ano ang masasabi mo para sa iyong sarili? Iniisip mo ba na sa susunod ay makakaya mong punan ang pagkain at pag-inom na nakuha na ni Satanas ngayon? Kung gayon, nakikita mo na ito nang malinaw ngayon; ito ba'y isang bagay na matutumbasan mo? Mapupunan mo ba ang nasayang na panahon? Dapat ninyong masigasig na suriin ang inyong mga sarili para makita kung bakit walang pagkain at pag-inom na naganap sa ilang nakalipas na pagtitipon, at kung sino ang naging sanhi ng kaguluhang ito. Dapat kayong isa-isang magbahagi hanggang maging malinaw ito. Kung hindi labis na napipigilan ang gayong tao, hindi maiintindihan ng iyong mga kapatid, at pagkatapos ay muli lamang itong mangyayari. Nakasara ang inyong mga espirituwal na mata; masyadong marami sa inyo ang bulag! Higit pa rito, ang mga nakakakita ay pabaya tungkol dito. Hindi sila naninindigan at nagsasalita, at pati sila'y bulag. Ang mga nakakakita ngunit hindi nagsasalita ay mga pipi. Marami rito ang mga may kapansanan.

May mga tao na hindi nakakaunawa kung ano ang katotohanan, kung ano ang buhay, at kung ano ang daan, at hindi nila nauunawaan ang espiritu. Itinuturing nila ang Aking salita na pormula lamang. Masyado itong mahigpit. Hindi nila nauunawaan kung ano ang tunay na pasasalamat at papuri. May mga tao na hindi nauunawaan ang pinakamahalaga at pangunahing mga bagay; sa halip, nauunawaan lamang nila ang digaanong mahalaga. Ano ba ang ibig sabihin ng gambalain ang pamamahala ng Diyos? Ano ang ibig sabihin ng gibain ang pagtatayo ng iglesia? Ano ang ibig sabihin ng gambalain ang gawain ng Banal na Espiritu? Ano ang isang kampon ni Satanas? Dapat malinaw na maunawaan ang mga katotohanang ito, at hindi lamang ilarawan nang malabo. Ano ang dahilan na walang pagkain at pag-inom sa panahong ito? Sa palagay ng ilang tao ay dapat nilang purihin nang malakas ang Diyos ngayon, ngunit papaano nila Siya dapat purihin? Dapat ba silang umawit ng mga himno at sumayaw? Hindi ba ibinibilang ang ibang paraan bilang papuri? Dumadalo sa mga pagtitipon ang ilang tao na may kuru-kuro na ang masayang papuri ang paraan upang purihin ang Diyos. May ganitong mga kuru-kuro ang mga tao, at hindi nila binibigyang-pansin ang gawain ng Banal na Espiritu; ang kinalalabasan nito ay nangyayari pa rin ang mga pagkagambala. Walang pagkain at pag-inom sa pagtitipong ito; lahat kayo'y nagsasabi na isinasaalang-alang ninyo ang pasanin ng Diyos at ipagtatanggol ang patotoo ng iglesia, ngunit sino

ba sa inyo ang talagang nagsaalang-alang sa pasanin ng Diyos? Itanong sa iyong sarili: Ikaw ba'y isang tao na nagpakita ng pagsasaalang-alang para sa pasanin Niya? Magagawa mo bang maging matuwid para sa Kanya? Makakapanindigan ka ba at makakapagsalita para sa Akin? Maisasagawa mo ba nang matatag ang katotohanan? Ikaw ba'y may sapat na lakas ng loob na labanan ang lahat ng gawa ni Satanas? Makakaya mo bang isantabi ang iyong mga damdamin at ilantad si Satanas para sa kapakanan ng Aking katotohanan? Mapapahintulutan mo ba ang Aking mga layunin na matupad sa iyo? Naihandog mo na ba ang iyong puso sa pinakamahahalagang sandali? Ikaw ba'y taong gumagawa sa Aking kalooban? Itanong mo sa iyong sarili ang mga katanungang ito at madalas mong isipin ang mga ito. Ang mga kaloob ni Satanas ay nasa loob mo, at ikaw ang dapat sisihin para diyan—dahil hindi mo nauunawaan ang mga tao, at bigo kang makilala ang lason ni Satanas; inaakay mo ang iyong sarili tungo sa kamatayan. Lubusan kang nalinlang ni Satanas, hanggang sa punto na ganap ka nang nalilito; lasing ka sa alak ng kahalayan, at sumusuray ka paroo't parito, hindi kayang magkaroon ng matatag na pananaw, at walang landas para sa iyong pagsasagawa. Hindi ka kumakain at umiinom nang tama, nakikisangkot ka sa mabangis na labanan at pakikipag-away, hindi mo alam ang tama sa mali, at sinusundan mo ang sinumang nangunguna. Mayroon ka bang anumang katotohanan? Ipinagtatanggol ng ilang tao ang kanilang mga sarili at nakikilahok pa sa panlilinlang. Nakikisalamuha sila sa iba ngunit dinadala lamang sila nito sa daang walang patutunguhan. Sa Akin ba nakukuha ng mga taong ito ang kanilang mga layunin, mithiin, pangganyak, at pinagkukunan? Sa palagay mo ba'y kaya mong mapunan ang pagkain at pag-inom na inagaw sa iyong mga kapatid? Maghanap ka ng ilang tao na makakasalamuha at tanungin sila; hayaan mo silang magsalita para sa sarili nila: Sila ba ay natustusan na ng anuman? O napuno ba ang kanilang mga tiyan ng maruming tubig at basura, na iniwan silang walang landas na susundan? Hindi ba't magigiba niyan ang iglesia? Nasaan ang pag-ibig sa kapatiran? Lihim kang nagsasaliksik kung sino ang tama at sino ang mali, ngunit bakit hindi ka nagdadala ng pasanin para sa iglesia? Karaniwan na napakahusay mo sa pagsigaw ng mga nakakaengganyong pananalita, ngunit kapag nangyayari na talaga ang mga bagay-bagay, paliguy-ligoy ka tungkol sa mga iyon. May ilang taong nakauunawa ngunit tahimik lamang na bumubulong, samantalang ang iba'y nagsasalita kung ano ang nauunawaan nila ngunit wala namang iba pang nagsasalita. Hindi nila alam kung ano ang nagmumula sa Diyos at kung ano ang gawain ni Satanas. Nasaan ang inyong mga panloob na damdamin tungkol sa buhay? Hindi niyo talaga maunawaan ang gawain ng Banal na Espiritu, ni hindi ninyo ito nakikilala, at nahihirapan kayong tanggapin ang mga bagong bagay. Tinatanggap mo lamang ang mga bagay na sekular at pangrelihiyon na umaayon sa mga kuru-kuro ng mga tao. Bunga nito, walang patumangga kang lumalaban. Gaano karaming tao ang makakaunawa sa gawain ng Banal na Espiritu? Gaano karami ang nagdala na talaga ng pasanin para sa iglesia? Nauunawaan mo ba ito? Ang pag-awit ng mga himno ay isang paraan upang magpuri sa Diyos, ngunit hindi mo malinaw na

nauunawaan ang katotohanan ng pagpupuri sa Diyos. Higit pa rito, mahigpit ka sa paraan mo ng pagpuri sa Kanya. Hindi ba't sarili mong kuru-kuro iyan? Palagi kang walang humpay na kumakapit sa sarili mong mga kuru-kuro, at hindi ka makatuon sa gagawin ng Banal na Espiritu ngayon, hindi mo madama kung ano ang nararamdaman ng iyong mga kapatid, at hindi mo kayang matahimik na hanapin ang kalooban ng Diyos. Pikit-mata mong ginagawa ang mga bagay-bagay; maaaring inaawit mo ang mga kanta nang maayos, ngunit ang resulta ay ganap na kaguluhan. Talaga bang pagkain at pag-inom iyan? Nakikita mo ba kung sino talaga ang nagiging sanhi ng mga paggambala? Hinding-hindi ka talaga nabubuhay sa espiritu; bagkus ay nakahawak ka sa iba't ibang kuru-kuro. Papaano ba iyan naging pagdadala ng pasanin para sa iglesia? Kailangan ninyong makita na ang gawain ng Banal na Espiritu ay sumusulong nang higit na mas mabilis ngayon. Hindi ba kayo nabubulagan kung mahigpit kayong nakahawak sa inyong sariling mga kuru-kuro at nilalabanan ninyo ang gawain ng Banal na Espiritu? Hindi ba iyan tulad ng isang langaw na umuuntog sa mga pader at humuhugong sa paligid? Kung magpupumilit ka sa paraang ito, maisasantabi ka.

Ang mga ginagawang ganap bago ang sakuna ay nagpapasakop sa Diyos. Nabubuhay silang umaasa kay Cristo, sumasaksi sila sa Kanya, at dinadakila nila Siya. Sila ang matagumpay na mga anak na lalaki at mabubuting mga kawal ni Cristo. Mahalaga ngayon na payapain mo ang iyong sarili, lumapit sa Diyos, at makisalamuha sa Kanya. Kung hindi mo kayang lumapit sa Diyos, nanganganib ka na mabihag ni Satanas. Kung makakalapit ka sa Akin at makikisalamuha sa Akin, ibubunyag sa iyo ang lahat ng katotohanan, at magkakaroon ka ng isang pamantayan kung paano mamuhay at kumilos. Dahil ikaw ang malapit sa Akin, hindi kailanman aalis ang salita Ko sa tabi mo, at hindi ka lilihis sa salita Ko sa buong buhay mo; hindi magkakaroon si Satanas ng paraan upang samantalahin ka, at sa halip ay mapapahiya at tatakas sa pagkatalo. Kung tinitingnan mo sa panlabas kung ano ang kulang sa loob mo, maaaring may mga pagkakataon na matatagpuan mo ang ilan dito, ngunit ang karamihan sa matatagpuan mo ay mga alituntunin at mga bagay-bagay na hindi mo kailangan. Dapat kang bumitaw sa iyong sarili, kumain at uminom ng mas marami pa ng mga salita Ko, at alamin kung papaano pagbulayan ang mga ito. Kung may isang bagay kang hindi nauunawaan, lumapit ka sa Akin at madalas na makisalamuha sa Akin; sa ganitong paraan, ang mga mauunawaan mo ay magiging tunay at totoo. Dapat kang magsimula sa pagiging malapit sa Akin. Napakahalaga nito! Kung hindi, hindi mo matututunan kung papaano kumain at uminom. Hindi ka makakakain at makakainom sa sarili mo; tunay na napakababa ng tayog mo.

Kabanata 14

Ngayon mismo, gipit na sa panahon. Gumagamit ng maraming iba't ibang paraan ang Banal na Espiritu para akayin tayo tungo sa mga salita ng Diyos. Dapat kang masangkapan ng lahat ng katotohanan, mapabanal, at maging tunay na malapit sa Akin at magkaroon ng kaugnayan sa Akin, at hindi ka pahihintulutang magkaroon ng anumang pagkakataon para mamili. Walang emosyon ang gawain ng Banal na Espiritu, at hindi nagpapahalaga sa kung anong uri ka ng tao. Hangga't nakahanda kang maghanap at sumunod—hindi nagdadahilan, at hindi nakikipagtalo para sa mga sarili mong kapakinabangan at kawalan—kundi maghanap nang may gutom at uhaw para sa katuwiran, liliwanagan Kita. Gaano ka man kahangal at kamangmang, hindi Ako nakatuon sa mga bagay na ito. Tinitingnan Ko kung gaano ka kasipag gumawa sa positibong aspeto. Kung nakakapit ka pa rin nang mahigpit sa kuru-kuro sa sarili, nagpapaikot-ikot sa iyong sariling munting mundo, sa tingin Ko ay nasa panganib ka.... Ano ang pagdadala? Ano ang ibig sabihin ng mapabayaan? Paano ka dapat mabuhay ngayon sa harapan ng Diyos? Paano ka dapat na aktibong makipagtulungan sa Akin? Alisin mo ang iyong sariling mga kuru-kuro, suriin mo ang sarili mo, hubarin ang iyong maskara, tingnang mabuti ang sarili mong tunay na kulay, kamuhian ang sarili mo, magkaroon ng isang pusong gutom at uhaw na naghahanap sa katuwiran, maniwala na ikaw mismo ay talagang walang halaga, maging handang isuko ang sarili mo, makayang itigil ang lahat ng paraan mo ng paggawa ng mga bagay-bagay, patahimikin ang sarili mo sa harapan Ko, mas higit pang maghandog ng mga panalangin, taimtim na umasa sa Akin, tumingala sa Akin, at huwag tumigil sa paglapit sa Akin at sa pakikipagtalastasan sa Akin—sa mga bagay na ito, natatagpuan ang susi. Madalas nananatili ang mga tao sa loob ng kanilang sarili, at samakatuwid ay wala sa harapan ng Diyos.

Ang kasalukuyang gawain ng Banal na Espiritu ay talagang mahirap maisip ng mga tao, at pumapasok na lahat sa realidad; talagang hindi maaaring maging walang pakundangan tungkol dito. Kung wala sa tamang lugar ang puso at isip mo, hindi ka magkakaroon ng daan pasulong. Mula umpisa hanggang katapusan, kailangang mapagbantay ka sa lahat ng pagkakataon, at tiyaking manatiling mapagbantay laban sa pagpapabaya. Pinagpala yaong mga palaging mapagbantay at naghihintay at mga tahimik sa harapan Ko! Pinagpala yaong mga palaging tumitingala sa Akin sa kanilang mga puso, yaong mga maingat na nakikinig sa Aking tinig, mga nagbibigay-pansin sa Aking mga pagkilos, at mga nagsasagawa ng Aking mga salita! Talagang hindi na pwedeng maantala pa; lahat ng uri ng mga salot ay raragasa, na ibinubuka ang mababangis at duguang mga bibig nila upang lamunin kayong lahat tulad ng baha. Mga anak Ko! Dumating na ang panahon! Wala nang lugar para sa pagbubulay-bulay. Ang tanging paraan palabas na magdadala sa inyo sa ilalim ng Aking pag-iingat ay ang bumalik sa harapan Ko. Kailangang mayroon kang lakas ng karakter ng batang lalaki; huwag kang maging mahina o panghinaan ng loob. Kailangang sumabay ka sa mga

hakbang Ko, huwag mong tanggihan ang bagong liwanag, at, gaya ng sinasabi Ko sa inyo kung paano kumain at uminom ng Aking mga salita, dapat kayong magpasakop at kainin at inumin ang mga ito nang wasto. May panahon pa ba para basta-bastang lumaban o makipagtunggali sa isa't isa? Kaya mo bang makipagdigma kung hindi ka nagpapakabusog at hindi lubusang nasasangkapan ng katotohanan? Kung nais mong magtagumpay laban sa relihiyon, kailangan kang lubusang masangkapan ng katotohanan. Kumain at uminom ka ng Aking mga salita nang higit pa, at magbulay-bulay sa mga ito nang higit pa. Kailangan kang kumain at uminom ng Aking mga salita at magsimula sa pamamagitan ng paglapit sa Diyos. Ituring mo itong isang babala sa iyo! Kailangan mong makinig! Yaong matatalino ay dapat madaliang gumising sa katotohanan! Bitawan ang anumang bagay na hindi mo handang talikuran. Muli Kong sinasabi sa iyo na ang gayong mga bagay ay talagang nakasasama sa iyong buhay, at walang kapakinabangan! Umaasa Ako na kaya mong umasa sa Akin sa iyong mga pagkilos; kung hindi, ang tanging landas pasulong ay ang landas ng kamatayan—saan ka kung gayon pupunta para hanapin ang landas ng buhay? Bawiin mo ang puso mo na mahilig mag-abala sa panlabas na mga bagay! Bawiin mo ang puso mo na sumusuway sa ibang tao! Kung ang buhay mo ay hindi kayang gumulang at pinababayaang ka, hindi ba ikaw kung gayon ang nakatisod sa sarili mo? Ang kasalukuyang gawain ng Banal na Espiritu ay hindi tulad ng iniisip mo. Kung hindi mo kayang bitawan ang iyong mga kuru-kuro, daranas ka ng malaking kawalan. Kung ang gawain ay kaayon ng mga kuru-kuro ng tao, makakaya ba ng iyong dating kalikasan at mga kuru-kuro na malantad? Makakaya mo bang makilala ang sarili mo? Maaaring iniisip mo pa rin na wala kang mga kuru-kuro, pero ngayon malinaw na malalantad ang lahat ng iyong iba't ibang pangit na mukha. Maingat mong tanungin ang sarili mo:

Ikaw ba ay isang taong nagpapasakop sa Akin?

Payag at handa ka bang talikuran ang iyong sarili at sumunod sa Akin?

Ikaw ba ay isang tao na naghahanap sa Aking mukha nang may dalisay na puso?

Alam mo ba kung paano lumapit sa Akin at makipagtalastasan sa Akin?

Kaya mo bang tumahimik sa harapan Ko at hanapin ang kalooban Ko?

Isinasagawa mo ba ang mga salitang ibinubunyag Ko sa iyo?

Kaya mo bang panatilihin ang isang normal na kalagayan sa harapan Ko?

Kaya mo bang mahalata ang mga tusong pakana ni Satanas? Nangangahas ka bang ilantad ang mga ito?

Gaano ka nagsasaalang-alang sa pasanin ng Diyos?

Ikaw ba ay isang taong nagsasaalang-alang sa pasanin ng Diyos?

Paano mo tinatarok ang gawain ng Banal na Espiritu?

Paano ka naglilingkod nang may pakikipagtulungan sa loob ng pamilya ng Diyos?

Paano ka matibay na nagpapatotoo para sa Akin?

Paano ipinaglalaman ang katotohanan?

Kailangan mong maglaan ng panahon para lubusang magbulay-bulay sa mga

katotohanang ito. Sapat ang mga katotohanan para patunayan na ang araw ay malapit na malapit na. Kailangan kang mapaging-ganap bago sumapit ang mga sakuna—ito ay isang napakahalagang bagay, isang bagay na kailangang malutas agad-agad! Ninanais Ko na gawin kayong ganap, pero nakikita Ko na talagang tila hindi kayo masupil. Mayroon kayong tapang pero hindi ninyo ito ginagamit sa pinakamainam na paraan, at hindi pa ninyo natatarok ang pinakamahahalagang bagay; sa halip, ang natatarok ninyo ay puro mga walang-kabuluhang bagay. Ano ang pakinabang sa pagtalakay sa mga bagay na ito? Hindi ba ito isang pag-aaksaya ng panahon? Nagpapakita Ako sa inyo ng kagandahang-loob sa paraang ito pero bigo kayong makapagpakita ng anumang pagpapahalaga; nakikipaglaban lamang kayo sa isa't isa—kaya't hindi ba nasayang ang lahat ng Aking puspusang pagsisikap? Kung magpapatuloy kayo sa ganitong paraan, hindi Ako maglalaan ng panahon para himukin kayo! Sinasabi Ko sa inyo, malibang gumising kayo sa katotohanan, babawiin ang gawain ng Banal ng Espiritu mula sa inyo! Wala nang ibibigay sa inyo para makain, at maaari kayong maniwala sa inaakala ninyong angkop. Lubusan Ko nang nasabi ang Aking mga salita; makinig man kayo o hindi, nasa sa inyo na iyon. Kapag dumating ang panahon na nalilito kayo, na walang daan pasulong, at hindi makita ang totoong liwanag, sisisihin ba ninyo Ako? Anong kamangmangan! Ano ang dapat kahinatnan kung mahigpit kang kumakapit sa sarili mo, at tumatangging bumitaw? Hindi ba magiging walang-kabuluhang pagsisikap ang iyong gawain? Gaano kahabag-habag ang maisantabi kapag sumapit na ang mga sakuna!

Ngayon ang napakahalagang yugto ng pagtatayo ng iglesia. Kung hindi mo kayang maagap na makipagtulungan sa Akin at buong-pusong ialay ang iyong sarili sa Akin, at kung hindi mo kayang talikuran ang lahat, daranas ka ng kawalan. Kaya mo pa bang magkandili ng ibang layunin? Nagpakita Ako sa inyo ng kaluwagan sa ganitong paraan, hinihintay kayong magsisi at magsimulang muli. Gayunpaman, talagang wala nang oras para dito, at kailangan Kong isaalang-alang ang kabuuan. Para sa kapakanan ng layunin ng plano ng pamamahala ng Diyos, kumikilos pasulong ang lahat, at lumalakad pasulong ang Aking mga hakbang bawa't araw, bawa't oras, bawa't sandali—yaong mga hindi kayang makasabay ay maiiwan. Mayroong bagong liwanag araw-araw; ginagawa ang mga bagong gawa araw-araw. Mayroong mga bagong bagay na lumilitaw araw-araw, at yaong mga hindi nakakakita ng liwanag ay bulag! Yaong mga hindi sumusunod ay aalisin....

Kabanata 15

Nagpakita na ang Diyos sa lahat ng iglesia. Ang Espiritu ang nagsasalita; Siya ay isang naglalagablab na apoy, may kamahalan, at humahatol. Siya ang Anak ng tao, na may suot na damit na hanggang paa, at may bigkis ang dibdib na isang pamigkis na ginto. Ang Kanyang ulo at Kanyang buhok ay mapuputing gaya ng puting balahibo ng

tupa, at ang Kanyang mga mata ay gaya ng ningas ng apoy; ang Kanyang mga paa ay katulad ng pinong tanso, na gaya ng dinalisay sa isang lutuang-bakal; at ang Kanyang tinig ay gaya ng lagaslas ng maraming tubig. At sa Kanyang kanang kamay ay may pitong bituin: at sa Kanyang bibig ay lumabas ang isang matalas na tabak na may dalawang talim, at ang Kanyang mukha ay gaya ng araw na sumisikat nang matindi!

Nasaksihan na ang Anak ng tao, at lantaran nang nahayag ang Diyos Mismo. Lumabas na ang kaluwalhatian ng Diyos, sumisikat nang matindi gaya ng mainit na araw! Ang Kanyang maluwalhating mukha ay nagliliyab sa nakakasilaw na liwanag; kaninong mga mata ang nangangahas na tratuhin Siya nang may paglaban? Ang paglaban ay humahantong sa kamatayan! Wala ni katiting na awang ipinapakita sa anumang iniisip ninyo sa inyong puso, anumang salitang binibitawan ninyo, o anumang inyong ginagawa. Mauunawaan at makikita ninyong lahat kung ano na ang inyong nakamtan—wala maliban sa Aking paghatol! Mapapanatili Ko ba ito kapag hindi kayo nagsisikap na kumain at uminom ng Aking mga salita, at sa halip ay walang-pakundangan ninyong inaabala at winawasak ang Aking pagtatayo? Hindi Ako magdadahan-dahan sa pagtrato sa ganitong uri ng tao! Kapag mas lumala ang ugali mo, matutupok ka sa apoy! Nagpapakita ang Diyos na makapangyarihan sa lahat sa isang espirituwal na katawan, nang wala ni katiting na laman o dugo na nagdurugtong mula ulo hanggang paa. Higit pa Siya sa mundong sansinukob, nakaupo sa maluwalhating luklukan sa ikatlong langit, nangangasiwa sa lahat ng bagay! Nasa Aking mga kamay ang sansinukob at lahat ng bagay. Kapag sinabi Ko, mangyayari iyon. Kapag itinalaga Ko, iyon ang mangyayari. Nasa ilalim ng Aking mga paa si Satanas; nasa walang-hanggang kalaliman ito! Kapag lumalabas ang Aking tinig, lilipas ang langit at lupa at mauuwi sa wala! Paninibaguhin ang lahat ng bagay; ito ay isang di-mababagong katotohanan na talagang tama. Nadaig Ko na ang mundo, maging ang lahat ng masama. Nakaupo Ako rito at nakikipag-usap sa inyo, at lahat ng may pandinig ay dapat makinig at lahat ng nabubuhay ay dapat itong tanggapin.

Magwawakas ang mga araw; mauuwi sa wala ang lahat ng bagay sa mundong ito, at isisilang na muli ang lahat ng bagay. Tandaan ito! Huwag itong kalimutan! Hindi maaaring magkaroon ng kalabuan! Ang langit at ang lupa ay lilipas, datapuwa't ang Aking mga salita ay hindi lilipas! Hayaang muli Ko kayong payuhan: Huwag tumakbo nang walang kabuluhan! Gising! Magsisi at malapit na ang pagliligtas! Nagpakita na Ako sa gitna ninyo, at pumailanlang na ang Aking tinig. Pumailanlang na ang Aking tinig sa inyong harapan; araw-araw ay hinahamon kayo nito, nang harapan, at sariwa at bago ito araw-araw. Nakikita mo Ako at nakikita kita; palagi kitang kinakausap, at magkahaarap tayo. Magkagayunman, tinatanggihan mo Ako at hindi mo Ako kilala. Dinirinig ng Aking mga tupa ang Aking tinig, subalit nag-aatubili pa rin kayo! Nag-aatubili ka! Kumapal ang puso mo, nabulag na ni Satanas ang iyong mga mata, at hindi mo makita ang Aking maluwalhating mukha—nakakaawa ka! Nakakaawa!

Naipadala na ang pitong Espiritu sa harapan ng Aking luklukan sa lahat ng sulok ng

daigdig at ipadadala Ko ang Aking Sugo upang magsalita sa mga iglesia. Matuwid Ako at tapat; Ako ang Diyos na sumusuri sa pinakamalalalim na bahagi ng puso ng tao. Nagsasalita ang Banal na Espiritu sa mga iglesia, at mga salita Ko ang lumalabas mula sa kalooban ng Aking Anak; lahat ng may pandinig ay dapat makinig! Lahat ng nabubuhay ay dapat tumanggap! Kainin at inumin lamang ang mga ito, at huwag magduda. Tatanggap ng malalaking pagpapala ang lahat ng nagpapasakop at tumatalima sa Aking mga salita! Tiyak na magkakaroon ng bagong liwanag, bagong kaliwanagan, at mga bagong kabatiran ang lahat ng taimtim na naghahanap sa Aking mukha; magiging sariwa at bago ang lahat. Lilitaw ang Aking mga salita sa iyo anumang oras, at bubuksan ng mga ito ang mga mata ng iyong espiritu para makita mo ang lahat ng hiwaga ng espirituwal na dako at makita na ang kaharian ay nasa gitna ng tao. Pumasok sa kanlungan, at mapapasaiyo ang lahat ng biyaya at pagpapala; hindi ka magagalaw ng taggutom at salot, at hindi ka masasaktan ng mga lobo, ahas, tigre at leopardo. Sasama ka sa Akin, lalakad kang kasama Ko, at papasok tayo sa kaluwalhatian!

Makapangyarihang Diyos! Hayagang nagpapakita ang Kanyang maluwalhating katawan, lumilitaw ang banal na espirituwal na katawan at Siya ang ganap na Diyos Mismo! Parehong nagbago ang mundo at ang katawang-tao, at ang Kanyang pagbabagong-anyo sa bundok ay ang persona ng Diyos. Suot Niya ang gintong korona sa Kanyang ulo, ang Kanyang kasuotan ay puting-puti, may bigkis ang dibdib ng isang pamigkis na ginto at ang mundo at ang lahat ng bagay ay tuntungan ng Kanyang paa. Ang Kanyang mga mata ay gaya ng ningas ng apoy, sa loob ng Kanyang bibig ay may isang matalas na tabak na tigkabila'y talim at sa Kanyang kanang kamay ay may pitong bituin. Ang daan patungo sa kaharian ay walang hangganan ang ningning at lumilitaw at kumikinang ang Kanyang kaluwalhatian; masaya ang mga bundok at nagtatawanan ang katubigan, at ang araw, buwan, at mga bituin ay umiinog na lahat sa mahusay na pagkakaayos ng mga ito, sinasalubong ang natatangi at totoong Diyos na ang matagumpay na pagbabalik ay ihinahayag ang pagtatapos ng Kanyang anim-na-libong-taon na plano ng pamamahala. Lahat ay naglulundagan at nagsasayawan sa galak! Magbunyi! Nakaupo ang Diyos na makapangyarihan sa lahat sa Kanyang maluwalhating luklukan! Umawit! Ang matagumpay na bandila ng Makapangyarihan ay itinataas sa maringal at kahanga-hangang Bundok ng Sion! Nagbubunyi ang lahat ng bansa, nag-aawitan ang lahat ng tao, masayang tumatawa ang Bundok ng Sion, at lumitaw na ang kaluwalhatian ng Diyos! Ni hindi ko kailanman pinangarap na makikita ko ang mukha ng Diyos, subalit ngayon nakita ko na ito. Kaharap Siya araw-araw, binubuksan ko sa Kanya ang aking puso. Sagana ang ibinibigay Niyang pagkain at inumin. Buhay, mga salita, mga pagkilos, mga kaisipan, mga ideya—pinagliliwanag ng Kanyang maluwalhating liwanag ang lahat ng ito. Nangunguna Siya sa bawat hakbang ng daan, at sumasapit kaagad ang Kanyang paghatol sa anumang pusong naghihimagsik.

Kumakain, naninirahan, at nabubuhay na kasama ng Diyos, ang makasama Siya, magkasamang naglalakad, magkasamang nasisiyahan, magkasamang nagkakamit ng

kaluwalhatian at mga pagpapala, kabahagi sa Kanyang paghahari, at magkasamang nabubuhay sa kaharian—ah, napakasaya! Ah, napakatamis! Kaharap natin Siya araw-araw, kausap Siya araw-araw at palaging nag-uusap, at pinagkakalooban ng bagong kaliwanagan at mga bagong kabatiran araw-araw. Nabuksan ang ating espirituwal na mga mata at nakikita natin ang lahat; ibinubunyag sa atin ang lahat ng hiwaga ng espiritu. Talagang masayang mabuhay nang banal; tumakbo nang mabilis at huwag tumigil, patuloy na sumulong—mayroon pang mas kamangha-manghang buhay sa hinaharap. Huwag masiyahan sa tamis lamang; patuloy na hangaring makapasok sa Diyos. Siya ay sumasaklaw sa lahat at masagana, at mayroon Siya ng lahat ng klaseng bagay na wala tayo. Aktibong makipagtulungan at pumasok sa Kanya, at wala nang magiging katulad ng dati kailanman. Magiging dakila ang ating buhay, at walang tao, pangyayari, o bagay ang makagagambala sa atin.

Kadakilaan! Kadakilaan! Tunay na kadakilaan! Nasa kalooban ang dakilang buhay ng Diyos, at talagang nakapahinga na ang lahat ng bagay! Nalalagpasan natin ang mundo at ang mga makamundong bagay, na walang nadaramang pagkatali sa mga asawa o mga anak. Nalalagpasan natin ang pagkontrol ng sakit at mga kapaligiran. Hindi nangangahas si Satanas na gambalain tayo. Ganap na nalalagpasan natin ang lahat ng kalamidad. Tinutulutan nito ang Diyos na maghari! Tinatapakan natin si Satanas, sumasaksi tayo para sa iglesia, at lubos nating inilalantad ang pangit na mukha ni Satanas. Ang pagtatayo ng iglesia ay na kay Cristo, at lumitaw na ang maluwalhating katawan—ganito ang mabuhay sa pagdadala!

Kabanata 16

Pagkatapos ng pagpapatotoo ng Anak ng tao, ibinunyag ng Makapangyarihang Diyos ang Kanyang sarili sa atin nang hayagan bilang ang Araw ng pagkamakatuwiran. Ito ang pagbabagong-anyo sa bundok! Ngayon ay lalong nagiging totoo ito, at mas makatotohanan. Nakita na natin ang paraan ng paggawa ng Banal na Espiritu, at ang Diyos Mismo ay nagkatawang-tao na. Siya ay hindi nakokontrol ng tao, ng kalawakan, ni ng mga kalupaan; nilalampasan Niya ang mga hangganan ng lupa at ng dagat, nakararating Siya sa mga kadulu-duluhan ng sansinukob at sa mga dulo ng mundo, at lahat ng bansa at bayan ay tahimik na nakikinig sa Kanyang tinig. Habang iminumulat natin ang ating espirituwal na mga mata, nakikita natin na ang salita ng Diyos ay nagmula sa Kanyang maluwalhating katawan; ito ay ang Diyos Mismo na nagkatawang-tao. Siya ang tunay at ganap na Diyos Mismo. Siya ay nagsasalita sa atin nang hayagan, Siya ay nakakaharap natin, pinapayuhan Niya tayo, kinakaawaan Niya tayo, hinihintay Niya tayo, pinapanatag Niya tayo, dinidisciplina Niya tayo, at hinahatulan Niya tayo. Inaakay Niya tayong hawak ang ating kamay, at ang Kanyang pagmamalasakit sa atin ay nagniningas gaya ng apoy sa loob Niya; taglay ang masigasig na puso, hinihimok

Niya tayong gumising at pumasok sa Kanya. Ang Kanyang higit sa karaniwang buhay ay ibinigay sa ating lahat, at ang lahat ng pumapasok sa Kanya ay makakamit ang pagiging higit sa karaniwan at mapagtatagumpayan ang sanlibutan at ang lahat ng masasama, at mamumuno bilang mga hari kasama Niya. Ang Makapangyarihang Diyos ay ang espiritwal na katawan ng Diyos. Kung itinatagala Niya ito, kung gayon ay matutupad ito; kung sinasabi Niya ito, mangyayari ito, at kung iniuutos Niya ito, kung gayon ay mangyayari iyon. Siya ang nag-iisang tunay na Diyos! Si Satanas ay nasa ilalim ng Kanyang mga paa, sa walang-hanggang kalaliman. Ang sansinukob at ang lahat ng bagay ay nasa Kanyang mga kamay; ang panahon ay sumapit na, at ang lahat ay babalik sa kawalan at muling isisilang.

Kabanata 17

Kasalukuyang itinatayo ang iglesia at sinusubukan ni Satanas ang buong makakaya nito upang gibain ito. Nais nitong gibain ang Aking pagtatayo sa anumang posibleng paraan; dahil dito, dapat na dalisayin kaagad ang iglesia. Wala ni katiting na mga latak ng kasamaan ang dapat matira; dapat dalisayin ang iglesia upang wala itong maging kapintasan at magpatuloy itong maging kasingdalisay ng dati. Dapat gising kayo at naghihintay sa lahat ng oras, at dapat kayong mas manalangin sa harapan Ko. Dapat ninyong makilala ang iba't ibang balak at mga tusong pakana ni Satanas, makilala ang mga espiritu, makilala ang mga tao, at makayang makilatis ang lahat ng uri ng tao, pangyayari, at bagay; dapat ding mas kumain at uminom kayo ng Aking mga salita at, lalong mahalaga, dapat ninyong makayang kumain at uminom ng mga ito nang kayo lamang. Sangkapan ninyo ang inyong mga sarili ng lahat ng katotohanan, at lumapit sa Akin upang mabuksan Ko ang inyong espirituwal na mga mata at mapahintulutan kayong makita ang lahat ng hiwaga na nasa loob ng espiritu.... Kapag pumapasok ang iglesia sa yugto ng pagtatayo nito, ang mga banal ay nagmamartsa upang makidigma. Inilalagay sa harap ninyo ang iba't ibang nakapangingilabot na katangian ni Satanas: Tumitigil ba kayo at umuurong, o tumatayo ba kayo at patuloy na lumalakad pasulong na umaasa sa Akin? Lubusan ninyong ilantad ang tiwali at pangit na mga katangian ni Satanas, kahit na may masaktang damdamin, at huwag kayong magpakita ng awa! Labanan mo si Satanas hanggang kamatayan! Ako ang iyong suporta, at dapat kang magkaroon ng espiritu ng batang lalaki! Nagwawala si Satanas sa kahuli-hulihang paghihingalo nito, pero hindi pa rin nito matatakas ang Aking paghatol. Nasa ilalim ng Aking mga paa si Satanas at tinatapakan din ito ng inyong sariling mga paa—ito ay isang katunayan!

Lahat ng relihiyosong nanggagambala, at ang mga gumigiba sa pagtatayo ng iglesia, ay hindi mapakikitaan ng kahit katiting na pagpaparaya at sa halip ay kaagad silang hahatulan; si Satanas ay malalantad, yuyurakan, lubusang wawasakin, at

maiwan na walang matataguan. Tiyak na ibubunyag ng lahat ng uri ng mga demonyo at multo ang kanilang tunay na mga anyo sa harapan Ko, at itatapon Ko silang lahat sa walang-hanggang kalaliman kung saan hindi sila makalalaya kailanman; lahat sila ay magiging nasa ilalim ng ating mga paa. Kung gusto mong pagsumikapang gawin ang tama para sa katotohanan, una sa lahat, hindi mo dapat bigyan si Satanas ng anumang pagkakataon na gumawa—sa layuning ito, kailangan ninyong maging isa sa isipan at kayang maglingkod nang may koordinasyon, iwanan ang lahat ng sarili ninyong kuru-kuro, opinyon, pananaw at paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay, payapain ang puso ninyo sa loob Ko, magtuon sa tinig ng Banal na Espiritu, pagtuunan ng pansin ang gawain ng Banal na Espiritu, at danasin ang mga salita ng Diyos nang detalyado. Dapat kang magkaroon ng isang intensyon lamang, ang mangyari ang kalooban Ko. Wala ka dapat na iba pang intensyon bukod dito. Dapat kang tumingin sa Akin nang buong puso, masdang mabuti ang Aking mga pagkilos at ang paraan ng paggawa Ko ng mga bagay-bagay, at huwag maging pabaya sa anumang paraan. Dapat na matalas ang espiritu mo at bukas ang iyong mga mata. Karaniwan, pagdating sa mga hindi tama ang mga intensyon at layunin, pati na rin ang mga gustong nakikita ng iba, na mga sabik gumawa ng mga bagay-bagay, na mga malamang magdulot ng mga pagkagambala, na magagaling manalumpati ng mga relihiyosong doktrina, na mga kampon ni Satanas, at iba pa—kapag tumatayo ang mga taong ito, nagiging suliranin sila para sa iglesia, at napupunta sa wala ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos ng mga kapatid. Kapag nakatagpo kayo ng ganitong uri ng mga taong nagkukunwari, agad na pagbawalan sila. Kung, sa kabila ng paulit-ulit na mga pagpapaalaala, hindi sila nagbabago, daranas sila ng kawalan. Kung ang mga nagmamatigas na ipilit ang kanilang paraan ay magtatangkang ipagtanggol ang kanilang sarili at susubukang pagtakpan ang kanilang mga kasalanan, dapat silang agad na tanggalin ng iglesia at huwag bigyan ng lugar para magmaniobra. Huwag mawalan ng marami sa pagsisikap na magligtas ng kaunti; at ituon ang pansin sa kabuuan.

Ang iyong espirituwal na mga mata ay dapat na ngayong mabuksan, at makakilala ng ilang uri ng mga tao sa iglesia:

Anong uri ng mga tao ang nauunawaan ang mga espirituwal na usapin at nakikilala ang espiritu?

Anong uri ng mga tao ang hindi nauunawaan ang mga espirituwal na usapin?

Anong uri ng mga tao ang may masamang espiritu?

Anong uri ng mga tao ang may gawain ni Satanas sa kanila?

Anong uri ng mga tao ang malamang na magdulot ng mga pagkagambala?

Anong uri ng mga tao ang may gawain ng Banal na Espiritu sa kanila?

Anong uri ng mga tao ang nagpapakita ng pagsasaalang-alang sa pasanin ng Diyos?

Anong uri ng mga tao ang magagawa ang kalooban Ko?

Sino ang Aking tapat na mga saksi?

Alamin na ang kaliwanagang idinudulot ng Banal na Espiritu sa mga iglesia ang pinakamataas na pangitain ngayon. Huwag kayong maguluhan tungkol sa mga bagay na ito; sa halip, maglaan kayo ng panahon upang lubusang maintindihan ang mga ito—lubhang napakahalaga nito para sa inyong pag-unlad sa buhay! Kung hindi ninyo nauunawaan ang mga bagay na ito na nasa harap mismo ng inyong mga mata, hindi ninyo makakayang tahakin ang landas pasulong; palagi kayong manganganib na matukso at mabihag, at maaari kayong lamunin. Ang pangunahing mga bagay na dapat ninyong gawin ngayon ay ang magtuon na magawang mapalapit sa Akin sa puso mo at higit pang makipag-usap sa Akin. Anumang kulang sa iyo o hinahanap mo ay pupunan sa iyo sa pamamagitan ng gayong pagiging malapit at pakikipag-usap sa Akin. Tiyak na paglalaanan ang buhay mo, at magkakaroon ka ng bagong kaliwanagan. Hindi Ko kailanman tinitingnan kung gaano ka kamangmang dati, ni inaalala ang inyong mga nakaraang paglabag. Tinitingnan Ko kung paano mo Ako minamahal: Kaya mo ba Akong mahalin nang higit sa anupaman? Tinitingnan Ko kung kaya mo o hindi na manumbalik at umasa sa Akin para iwaksi ang iyong kamangmangan. Ang ilang tao ay sumasalungat sa Akin, hayagang lumalaban sa Akin, at hinuhusgahan ang iba; hindi nila nalalaman ang Aking mga salita, at lalong malamang na hindi rin nila matagpuan ang Aking mukha. Lahat ng nasa harapan Ko na taimtim na naghahanap sa Akin, na may mga pusong nagugutom at nauuhaw sa katuwiran—liliwanagan Kita, maghahayag Ako sa iyo, tutulutan Kitang makita Ako ng iyong sariling mga mata at maunawaan ang Aking kalooban nang personal; tiyak na ihahayag sa iyo ang Aking puso, upang maunawaan mo. Dapat mong isagawa ang nililiwanagan Ko sa loob mo ayon sa Aking mga salita; kung hindi, ikaw ay hahatulan. Sundin mo ang kalooban Ko, at hindi ka maliligaw.

Para sa lahat ng naghahangad na makapasok sa Aking mga salita, dobleng biyaya at mga pagpapala ang mapapasakanila, magkakamit sila ng bagong kaliwanagan at mga kaunawaan sa bawa't araw, at lalo silang magiginhawahan sa pagkain at pag-inom ng Aking mga salita sa araw-araw. Matitikman nila ito sa kanilang sariling bibig: Napakatamis nito! ... Dapat kang maging maingat, at huwag makuntento kapag nagkamit ka na ng kaunting kaunawaan at nakatikim ng katamisan; ang susi ay ang magpatuloy sa paghahanap! Iniisip ng ilang tao na ang gawain ng Banal na Espiritu ay totoong kamangha-mangha at tunay—ito nga talaga ang persona ng Makapangyarihang Diyos na hayagang ibinubunyag, at mas malalaki pang mga tanda at kababalaghan ang nasa hinaharap. Maging maingat ka at gising sa lahat ng oras, panatilihin mong nakatuon ang iyong paningin sa pinagmulan, manahimik ka sa Aking harapan, mag-ingat at makinig nang mabuti, at maging tiyak tungkol sa Aking mga salita. Hindi maaaring may kalabuan; kung may anumang pag-aalinlangan, ikinalulungkot Kong sabihin na ipatatapon ka sa labas ng pintuan. Magkaroon ka ng malilinaw na pangitain, tumayo sa matibay na saligan, sundan itong agos ng buhay, at sundang mabuti saanman ito dumaloy; talagang hindi ka dapat magkaroon ng anumang pag-aatubili ng tao. Kumain, uminom at magbigay-papuri ka lamang; maghanap nang may dalisay na puso, at huwag sumuko

kailanman. Dalhin mo ang anumang hindi mo maunawaan sa harapan Ko nang madalas, at tiyakin mong huwag magkaroon ng anumang alinlangan, upang maiwasan mong dumanas ng matitinding kawalan. Sumabay ka! Sumabay ka! Huwag kang lalayo! Itapon mo ang mga humahadlang sa iyo, at huwag kang maging talipandas. Humayo ka at buong pusong magtaguyod, at huwag umurong. Dapat mong ihandog ang iyong puso sa lahat ng oras at kailanma'y huwag pumalya kahit na minsan. Ang Banal na Espiritu ay palaging mayroong bagong gawain, gumagawa ng mga bagong bagay sa bawa't araw, at may mga bago ring kaliwanagan sa bawa't araw; ang pagbabagong-anyo sa bundok, ang banal na espirituwal na katawan ng Diyos ay nagpakita na! Ang Araw ng katuwiran ay patuloy na nagbibigay ng liwanag at nagniningning; nakita na ng lahat ng bansa at lahat ng bayan ang Iyong maluwalhating mukha. Magniningning ang Aking liwanag sa lahat ng lumalapit sa harapan Ko. Ang Aking mga salita ay liwanag, na umaakay sa iyo pasulong. Hindi kayo babaling sa kaliwa o sa kanan habang kayo ay naglalakad, kundi lalakad sa loob ng Aking liwanag, at ang inyong pagtakbo ay hindi magiging walang-bungang pagpapagal. Dapat ninyong malinaw na makita ang gawain ng Banal na Espiritu; ang Aking kalooban ay naroon sa loob nito. Nakakubli ang lahat ng hiwaga, nguni't unti-unting ibubunyag sa iyo ang mga ito. Isaisip mo ang Aking mga salita sa lahat ng oras, at lumapit ka sa harapan Ko upang higit na makipag-usap sa Akin. Sumusulong ang gawain ng Banal na Espiritu. Lumakad ka sa Aking mga yapak; naghihintay ang malalaking kababalaghan, at ibubunyag ang mga ito sa iyo nang isa-isa. Yaon lamang mga nag-iingat, mga naghihintay, at mga gising ang makakakita sa mga ito. Tiyaking huwag magpabaya. Ang plano ng pamamahala ng Diyos ay papalapit na sa huling yugto nito; magtatagumpay ang pagtatayo ng iglesia, ang bilang ng mga matagumpay ay itinakda na, magkakaroon ng matagumpay na batang lalaki, at papasok sila sa kaharian kasama Ko, maghahari kasama Ko, pamumunuan ang lahat ng bansa gamit ang tungkod na bakal, at magsasama-sama sa kaluwalhatian!

Kabanata 18

Ang pagtatayo ng iglesia ay isang bagay na talagang hindi madaling gawin! Inilagay Ko ang Aking buong puso sa pagtatayo nito, at gagawin ni Satanas ang lahat nang makakaya nito upang gibain ito. Kung nais mong maitayo, dapat ay maging isang tao ka na mayroong pananaw; dapat kang mamuhay na umaasa sa Akin, sumasaksi kay Cristo, itinataas Siya, at maging tapat sa Akin. Hindi ka dapat magdahilan; sa halip ay dapat kang sumunod nang walang kondisyon. Dapat mong tiisin ang anumang mga pagsubok, at tanggapin ang lahat ng nagmumula sa Akin. Dapat mong sundan ang Banal na Espiritu paano ka man Niya inaakay. Dapat ay magkaroon ka ng masigasig na espiritu at ng kakayahang makita ang kaibhan ng mga bagay-bagay. Dapat mong maunawaan ang mga tao, at huwag silang bulag na sundan; panatilihin mong malinaw

ang iyong espirituwal na mga mata, at mag-angkin ng masusing kaalaman sa lahat ng bagay. Ang mga tao na may isipang kapareho ng sa Akin ay dapat tumayong saksi Ko at lumaban sa pangwakas na digmaan laban kay Satanas. Ikaw ay dapat na kapwa maitayo at makibahagi sa digmaan. Ako ay kasama ninyo; inaalalayan Ko kayo, at Ako ang inyong kanlungan.

Ang una sa mga dapat mong gawin ay ang dalisayin ang iyong sarili, maging isang nabagong tao, at magkaroon ng tuluy-tuloy na pagtitimpi. Dapat mong iasa sa Akin ang iyong buhay mabuti man o masama ang kapaligiran mo; nasa tahanan ka man o sa iba pang kinalalagyan, hindi ka dapat manghina dahil sa ibang tao, o dahil may isang pangyayari o usapin. Higit pa rito, dapat kang matatag na tumayo at, gaya ng dati, isabuhay si Cristo at ihayag ang Diyos Mismo. Dapat mong gampanan ang iyong papel at tuparin ang iyong mga tungkulin sa normal na paraan; ito ay hindi maaaring gawin nang minsanan, ngunit dapat na ipagpatuloy sa mahabang panahon. Dapat mong ariin ang Aking puso bilang iyong puso, ang Aking mga layunin ay dapat maging iyong mga iniisip, dapat mong isaalang-alang ang kabuuan, dapat mong hayaang si Cristo ang mahiwatigan sa iyo, at dapat kang maglingkod nang nakikipag-ugnayan sa iba. Dapat kang sumabay sa gawain ng Banal na Espiritu at lubusang ituon ang iyong sarili tungo sa paraan ng Kanyang pagliligtas. Dapat mong hungkagin ang iyong sarili, at maging isang inosente at bukas na tao. Dapat kang makipagbahaginan at makilahok nang normal sa iyong mga kapatid na lalaki at babae, makayang gawin ang mga bagay-bagay sa espiritu, mahalín ang isa't isa, hayaan ang kalakasan ng iba na bumalanse sa iyong mga kahinaan, at hangarin na maitayo sa loob ng iglesia. Sa ganitong paraan ka lamang tunay na magkakaroon ng bahagi sa kaharian.

Kabanata 19

Habang patuloy na sumusulong ang gawain ng Banal na Espiritu, nadadala tayong muli ng Diyos tungo sa isang bagong paraan ng gawain ng Banal na Espiritu. Bunga nito, hindi maiiwasan na nagkaroon na ang ilan ng maling pagkaunawa sa Akin at nagreklamo sa Akin. Ang ilan ay kinalaban at kinontra Ako, at siniyasat na Akong mabuti. Gayunman, buong-awa pa rin Akong naghihintay na magsisi at magbago kayo. Ang pagbabago sa paraan ng gawain ng Banal na Espiritu ay na hayagan nang nagpakita ang Diyos Mismo. Mananatiling hindi nagbabago ang Aking salita! Yamang ikaw ang inililigtas Ko, talagang hindi ko nais na pabayaan ka sa kalagitnaan ng daan. Kaya lang ay nagkikimkim kayo ng mga pagdududa at nais ninyong bumalik nang walang dala. Tumigil na ang ilan sa inyo sa pagsulong, habang nakamasid at naghihintay lang ang iba. Sunud-sunuran naman ang iba sa sitwasyon, samantalang gumagaya lamang ang ilan. Talagang pinatigas na ninyo ang inyong puso! Kinuha mo na ang sinabi Ko sa inyo at ginawa itong isang bagay na ipinagmamalaki mo, o isang bagay na ipinagyayabang

mo. Pagbulay-bulayan pa ito: Ito ay walang iba kundi mga salita ng awa at paghatol na dumarating sa iyo. Ang Banal na Espiritu, na nakikitang talagang suwail kayo, ay tuwirang nagsasalita at nanunuri. Dapat kayong matakot. Huwag kumilos nang walang-ingat o gumawa ng anuman nang padalus-dalos, at huwag maging palalo, mayabang, o matigas magsalita! Dapat kayong higit na magtuon sa pagsasagawa ng Aking mga salita, at isabuhay ang mga ito saanman kayo magpunta upang talagang mabago ka ng mga ito mula sa iyong kalooban at mapasaiyo ang Aking disposisyon. Ganitong mga resulta lamang ang totoo.

Upang maitayo ang iglesia, kailangan ay mayroon kang partikular na tayog at buong-puso at walang-tigil kang maghanap. Bukod pa ryan, kailangan mong tanggapin ang pagsusunog at paglilinis ng Banal na Espiritu upang maging isang tao na nabago. Sa ilalim lamang ng ganitong mga kalagayan maaaring itayo ang iglesia. Naakay na kayo ngayon ng gawain ng Banal na Espiritu na simulan ang pagtatayo ng iglesia. Kung patuloy kayong kikilos sa magulo at makupad na paraan tulad ng dati, wala na kayong pag-asa. Kailangan ninyong sangkapan ang inyong sarili ng lahat ng katotohanan, kailangan ninyong magkaroon ng espirituwal na paghiwatig, at kailangan ninyong lumakad sa perpektong daan alinsunod sa Aking karunungan. Para maitayo ang iglesia, kailangan ay nasa loob kayo ng espiritu ng buhay, at hindi lang basta gumaya nang paimbabaw. Ang proseso ng paglago sa inyong buhay ay kapareho ng proseso kung paano kayo itinatayo. Gayunman, pansinin na yaong mga umaasa sa mga kaloob o yaong mga hindi kayang unawain ang mga espirituwal na bagay o walang realidad ay hindi maitatayo, at hindi rin maitatayo yaong mga hindi kayang maging malapit at makipag-usap sa Akin palagi. Ang mga taong abala ang isipan sa mga kuru-kuro o namumuhay ayon sa mga doktrina ay hindi maitatayo, at hindi rin maitatayo yaong mga pinangungunahan ng kanilang mga damdamin. Paano ka man tinatrato ng Diyos, kailangan mong lubusang magpasakop sa Kanya; kung hindi, hindi ka maitatayo. Yaong mga abala sa pagpapahalaga nila sa sarili, pagmamagaling, kayabangan, at kapanatagan, at mahilig mangmata at magpasikat, ay hindi maitatayo. Yaong mga hindi makapaglingkod nang katuwang ang iba iba ay hindi rin maitatayo, at gayon din ang mangyayari sa mga taong walang espirituwal na paghiwatig at pikit-matang sumusunod sa sinumang nangunguna sa kanila. Gayundin, yaong mga hindi makaunawa sa Aking mga layon at namumuhay sa lipas nang kalagayan ay hindi maitatayo, at hindi rin maitatayo ang mga taong napakabagal sumunod sa bagong liwanag at walang anumang pananaw bilang kanilang pundasyon.

Dapat itayo ang iglesia sa lalong madaling panahon; malaking alalahanin ito para sa Akin. Dapat kang magsimula sa pamamagitan ng pagtuon sa positibo, at sumali sa daloy ng pagtatayo sa pamamagitan ng paghahandog ng iyong sarili nang buong lakas mo. Kung hindi, tatanggihan ka. Dapat mong talikdan nang lubusan yaong dapat talikdan, at kainin at inumin nang tama yaong dapat kainin at inumin. Dapat mong isabuhay ang realidad ng Aking salita, at dapat kang tumigil sa pagtutuo sa mga mababaw at walang-

halagang bagay. Itanong ito sa sarili mo: Gaano karami na ang nakuha mo sa Aking salita? Gaano mo ito isinasabuhay? Dapat mong panatilihing malinaw ang iyong isipan, at umiwas sa paggawa ng anumang bagay nang padalus-dalos; kung hindi, hindi makakatulong ang gayong pag-uugali sa iyong paglago sa buhay, kundi sa totoo ay makapipinsala lamang ito sa iyong paglago. Dapat mong maunawaan ang katotohanan, malaman kung paano ito isasagawa, at hayaang tunay na maging buhay mo ang Aking salita. Ito ang pinakabuod ng bagay na ito!

Dahil umabot na sa isang kritikal na sandali ang pagtatayo ng iglesia, bumabalangkas ng mga plano si Satanas, at ginagawa ang lahat para gibain ito. Hindi kayo dapat magpabaya, kundi maingat na magpatuloy at magsagawa ng espirituwal na paghiwatig. Kung wala ang gayong paghiwatig, daranas ka ng matitinding kawalan. Hindi ito maliit na bagay; dapat mo itong ituring na isang napakahalagang isyu. May kakayahan din si Satanas na magkunwari at mag-alok ng mga huwad, ngunit iba ang tunay na kalidad ng mga bagay na ito. Napakahangal at walang-ingat ng mga tao, at hindi nakikita ang kaibhan. Ipinapakita rin nito na wala silang kakayahan na panatilihing malinaw ang kanilang isipan at huminahon sa lahat ng oras. Ang inyong puso ay hindi masumpungan. Ang paglilingkod, sa isang banda, ay isang karangalan, samantalang sa kabilang banda, maaaring isa itong kawalan. Maaari itong humantong sa mga pagpapala o kaya nama'y sa kasawian. Manatiling tahimik sa Aking presensiya at mamuhay ayon sa Aking salita, at sa espirituwal, talagang mananatili kang mapagbantay at makakahiwatig ka. Pagdating ni Satanas, agad mo itong maiiwasan at madarama ang pagdating nito; madarama mo ang totoong pagkaasiwa sa iyong espiritu. Nakikibagay ang kasalukuyang gawain ni Satanas sa mga pagbabago sa mga kalakaran. Kapag kumikilos ang mga tao sa magulong paraan at hindi maingat, mananatili sila sa pagkabihag. Dapat kang manatiling maingat sa lahat ng oras, at maging mapagmasid. Huwag makipagtalo tungkol sa sarili mong mga pakinabang at kawalan o magkalkula para sa sarili mong pakinabang; sa halip, hangaring magawa ang Aking kalooban.

Maaaring magmukhang magkakapareho ang mga bagay-bagay, ngunit maaaring magkaiba ang kalidad ng mga ito. Dahil dito, dapat mong kilalanin ang mga tao gayundin ang mga espiritu. Dapat kang magsagawa ng paghiwatig at manatiling espirituwal na malinaw ang iyong isipan. Kapag lumitaw ang kamandag ni Satanas, dapat mo itong makilala kaagad; hindi nito matatakas ang liwanag ng paghatol ng Diyos. Dapat kang mas magtuon sa pakikinig na mabuti sa tinig ng Banal na Espiritu sa iyong espiritu; huwag mong pikit-matang sundin ang iba o pagkamalang totoo ang isang huwad na bagay. Huwag kang basta sumunod sa sinumang nangunguna, kung hindi ay daranas ka ng matitinding kawalan. Anong lasa ang iniiwan nito sa bibig mo? Naramdaman mo na ba ang mga kinahinatnan? Hindi ka dapat makialam nang basta-basta sa paglilingkod o magsingit ng sarili mong mga opinyon dito, kung hindi ay pababagsakin Kita. Ang mas masahol pa, kung tumatanggi kang magpasakop, at patuloy mong sinasabi at ginagawa ang gusto mo, itatakwil Kita! Hindi kailangan ng iglesia na maghakot pa ng mas

maraming tao; nais lamang nito yaong mga taimtim na nagmamahal sa Diyos at totoong namumuhay alinsunod sa Aking salita. Dapat mong mabatid ang sarili mong tunay na sitwasyon. Hindi ba panlilinlang sa sarili kapag itinuring ng mahihirap ang kanilang sarili na mayaman? Para maitayo ang iglesia, kailangan mong sundin ang Espiritu; huwag magpatuloy nang nagbubulag-bulagan. Sa halip, manatili sa iyong lugar, at gampanan ang iyong sariling mga tungkulin; hindi ka dapat lumagpas sa iyong mga tungkulin; dapat mong gawin ang lahat upang magampanan ang anumang tungkuling kaya mong gampanan, at sa gayon ay masisiyahan ang Aking puso. Hindi naman sa maglilingkod kayong lahat sa iisang tungkulin. Sa halip, bawat isa sa inyo ay dapat gampanan ang sarili ninyong tungkulin, at italaga ang inyong paglilingkod nang nakikipag-ugnayan sa iba pa sa iglesia. Hindi dapat lumihis ang inyong paglilingkod sa alinmang direksyon.

Kabanata 20

Ang gawain ng Banal na Espiritu ay mabilis na sumusulong, dinadala kayo tungo sa isang ganap na bagong dako, na ang ibig sabihin ay nagpakita sa inyong harapan ang realidad ng buhay ng kaharian. Ang mga salita na winika ng Banal na Espiritu ay tuwirang nagbunyag ng kalaliman sa loob ng iyong puso at isang larawan pagkatapos ng isa pa ay nagpapakita sa harap ninyo. Lahat ng may pagkagutom at pagkauhaw sa pagiging matuwid, at may hangaring magpasakop, ay tiyak na mananatili sa Sion at mananahan sa Bagong Jerusalem; sila ay tiyak na magkakamit ng kaluwalhatian at karangalan at magbabahagi ng magagandang pagpapala kasama Ko. Sa kasalukuyan ay mayroong mga hiwaga sa espirituwal na daigdig na hindi pa ninyo nakikita, dahil ang inyong espirituwal na mga mata ay hindi bukas. Ang lahat ng bagay ay lubos na kamangha-mangha; mga himala at kagila-gilalas na mga bagay, at mga bagay na kahit kailan ay hindi man lamang naisip ng mga tao, ay unti-unting magkakatotoo. Ipakikita ng Diyos na makapangyarihang sa lahat ang Kanyang pinakadakilang mga himala upang makita ng mga dulo ng sansinukob at mga dulo ng mundo at ng lahat ng bansa at ng lahat ng mga tao sa kanilang sariling mga mata, at makita kung saan nakasalalay ang Aking pagiging maharlika, pagiging matuwid at pagiging makapangyarihan sa lahat. Ang araw ay papalapit na nang papalapit! Ito ay isang sukdulang kritikal na sandali: Kayo ba ay uurong o kayo ba ay magtitiyaga hanggang sa wakas at hindi kailanman tatalikod? Huwag tumingin sa kahit sinong tao, anumang pangyayari, o bagay; huwag tumingin sa sanlibutan, o sa inyong mga asawang lalaki, sa inyong mga anak, o sa inyong mga alalahanin sa buhay. Tumingin lamang sa Aking pag-ibig at habag, at tingnan ang halagang Aking binayaran upang makamtan kayo, at kung ano Ako. Ang mga bagay na ito ay sapat na para mahikayat kayo.

Ang panahon ay napakalapit na, at ang Aking kalooban ay dapat na matupad nang buong pagmamadali. Hindi Ko tatalikuran ang nasa Aking pangalan; dadalhin

Ko kayong lahat tungo sa kaluwalhatian. Gayunman, habang tinitingnan ito ngayon, ito ay isang napakahalagang sandali; lahat ng hindi makakagawa ng susunod na hakbang ay mananaghoy sa nalalabing panahon ng kanilang buhay at makadarama ng panghihinayang, bagama't napakahuli na para sa gayong mga damdamin. Sa kasalukuyan, ang inyong mga tayog ay inilalagay sa isang praktikal na pagsubok upang makita kung ang iglesia ay maitatayo at kung kayo ay makasusunod sa isa't isa o hindi. Kung titingnan mula sa pananaw na ito, ang iyong pagsunod ay tunay ngang isang pagsunod kung saan ikaw ay pumipili; kahit na makaya mong sundin ang isang tao, nahihirapan ka pa ring sundin ang iba pa. Tunay ngang walang paraan na makakaya mong maging masunurin kapag umaasa ka sa mga kuru-kuro ng mga tao. Gayunpaman, ang mga iniisip ng Diyos ay laging nakahihigit sa mga iniisip ng tao! Si Cristo ay nagpasakop hanggang kamatayan, at namatay sa krus. Hindi Siya nagsalita tungkol sa anumang mga kundisyon o mga dahilan; hangga't ito ay kalooban ng Kanyang Ama, Siya ay sumunod nang maluwag sa kalooban. Ang kasalukuyang pagsunod mo ay napakalimitado. Sinasabi Ko sa inyong lahat, ang pagsunod ay hindi ang pagsunod sa mga tao, sa halip, ito ay pagsunod sa gawain ng Banal na Espiritu, at pagsunod sa Diyos Mismo. Ang Aking mga salita ay nagpapanibago at bumabago sa inyo mula sa loob; kung hindi, sino kung gayon ang susunod kanino? Kayong lahat ay masuwayin sa ibang mga tao. Dapat kayong magbigay ng panahon upang unawain ito—ano ang pagkamasunurin at paano ninyo maisasabuhay ang buhay ng pagkamasunurin. Dapat kayong lumapit pa sa harap Ko, at makipagbahaginan tungkol sa bagay na ito, at dahan-dahan ninyong mauunawaan ito, kung kaya't isusuko ninyo ang mga kuru-kuro at mga pamimilian sa kalooban ninyo. Ang paraang ito ng Aking paggawa ng mga bagay-bagay ay mahirap para sa mga tao na unawain nang lubusan. Ito ay hindi kung saan mabuti o magaling ang mga tao; Aking ginagamit maging ang pinakamangmang at ang pinakawalang-halaga upang ibunyag ang pagiging makapangyarihan sa lahat ng Diyos, habang kasabay nito ay binabaligtad ang ilang kuru-kuro, opinyon, at mga pamimilian ng mga tao. Ang mga gawa ng Diyos ay masyadong kamangha-mangha; at ang mga iyon ay hindi kayang abutin ng isipan ng mga tao!

Kung ikaw ay tunay na nagnanais na maging isang sumasaksi para sa Akin, kung gayon ay dapat mong tanggapin ang katotohanan nang dalisay at hindi nang may kamalian. Dapat kang higit na magtuon sa pagsasagawa ng Aking mga salita, maghangad na ang iyong buhay ay lumago nang mabilis. Huwag hanapin ang mga bagay na walang halaga; ang mga iyon ay walang pakinabang para sa pagpapaunlad ng inyong buhay. Kayo ay maitatayo lamang kung ang inyong mga buhay ay lumago na; at doon lamang kayo madadala sa kaharian—ito ay hindi mapag-aalinlanganan. Nais Ko sanang magsalita ng iba pa sa iyo; Ako ay napakarami nang naibigay sa iyo ngunit gaano karami ang iyong tunay na nauunawaan? Gaano karami sa mga sinasabi Ko ang naging realidad na ng iyong buhay? Gaano karami sa mga sinasabi Ko ang iyong isinasabuhay? Huwag sumalok ng tubig gamit ang basket na kawayan; ikaw ay walang makukuha sa

huli, kahungkagan lamang. Ang iba ay nagkamit na ng tunay na mga pakinabang nang napakadali; paano naman ikaw? Kaya mo bang talunin si Satanas kung ikaw ay hindi naarmasan at walang dalang mga sandata? Dapat kang mas manalig sa Aking mga salita sa iyong buhay, dahil ang mga iyon ang pinakamagaling na sandata para sa pagtatanggol sa sarili. Dapat mong tandaan: Huwag ituring ang Aking mga salita bilang iyong mga pag-aari; kung hindi mo nauunawaan ang mga iyon, kung hindi mo hahangarin ang mga iyon, kung hindi mo susubukang unawain ang mga iyon o sasabihin sa Akin ang tungkol sa mga iyon, ngunit sa halip, kayo ay nasisiyahan sa sarili at kuntento sa sarili, kung gayon ikaw ay magdurusa ng kawalan. Dapat kang matuto sa araling ito ngayon, at dapat mong isantabi ang iyong sarili at kumuha sa lakas mula sa iba upang punuan ang iyong sariling mga pagkukulang; huwag basta gawin kung anuman ang iyong nais. Ang panahon ay hindi naghihintay sa sinuman. Ang mga buhay ng iyong mga kapatid na lalaki at babae ay lumalago bawat araw; silang lahat ay nakararanas ng pagbabago at napapanibago bawat araw. Ang lakas ng mga kapatid na lalaki at babae ay tumataas at ito ay isang magandang bagay! Tumakbo nang mabilis patungo sa dulo ng takbuhan; walang sinumang makakatulong sa kahit na sino. Basta gumawa ng sarili mong mga pagsisikap upang makipagtulungan sa Akin. Ang mga may pangitain, ang mga may paraan upang sumulong, na hindi nasisiraan ng loob, at laging nakatingin sa unahan ay tiyak na magiging matagumpay nang walang pag-aalinlangan. Ito ay isang napakahalagang sandali. Tiyaking hindi ka masisiraan ng loob o panghihinaan ng kalooban; dapat kang tumingin sa unahan sa lahat ng bagay, at huwag tatalikod. Dapat mong isakripisyo ang lahat ng bagay, iwanan ang lahat ng gusot, at magsumikap gamit ang lahat ng iyong kakayahan! Hangga't may isang hiningang nananatili sa iyo, dapat kang magtiyaga hanggang sa kahuli-hulihan; ito lamang ang paraan na magiging karapat-dapat ka sa papuri.

Kabanata 21

Ang gawain ng Banal na Espiritu ay nagdala na ngayon sa inyo tungo sa isang bagong langit at isang bagong lupa. Lahat ay pinaninibago, lahat ay nasa Aking mga kamay, lahat ay nagsisimulang muli! Sa kanilang mga kuru-kuro, hindi ito maunawaan ng mga tao, at wala itong katuturan sa kanila, ngunit Ako itong Siyang gumagawa, at ang Aking karunungan ay nakapaloob dito. Samakatuwid ay dapat lamang kayong mag-abala sa paglalapag ng lahat ng inyong mga kuru-kuro at mga palagay, at sa pagkain at pag-inom ng salita ng Diyos bilang pagpapasakop; huwag magkaroon ng anumang pag-aalinlangan. Dahil gumagawa Ako sa ganitong paraan, papasanin Ko ang isang banal na pananagutan. Sa katunayan, hindi kailangan ng mga tao na kumilos sa isang partikular na paraan. Sa halip, ang Diyos ang gumagawa ng mahimalang mga bagay, na nagpapakita ng Kanyang kakayahang gawin ang lahat. Hindi maaaring magyabang

ang mga tao maliban kung nagyayabang sila tungkol sa Diyos. Kung hindi, daranas ka ng kawalan. Itinataas ng Diyos ang mga nangangailangan mula sa alabok; kailangang itaas ang mga mapagkumbaba. Gagamitin Ko ang Aking karunungan sa lahat ng anyo nito upang pamahalaan ang pandaigdigang iglesia, upang pamahalaan ang lahat ng bansa at lahat ng bayan, upang lahat sila ay nasa Aking kalooban, at upang lahat kayong nasa iglesia ay maaaring magpasakop sa Akin. Yaong mga hindi sumunod noon ay kailangang maging masunurin ngayon sa Aking harapan, kailangang magpasakop sa isa't isa, tiisin ang isa't isa; kailangang magkaugnay-ugnay ang inyong buhay, at kailangan ninyong magmahalan, na lahat ay humuhugot sa magagandang katangian ng bawat isa upang makabawi sa sarili nilang mga kahinaan, at naglilingkod nang may koordinasyon. Sa ganitong paraan itatayo ang iglesia, at mawawalan ng pagkakataon si Satanas na magsamantala. Saka lamang hindi mabibigo ang Aking plano ng pamamahala. Bibigyan Ko kayo ng isa pang paalala rito. Huwag mong tulutang magkaroon ng mga maling pagkaunawa sa iyo dahil si-ganito-at-si-ganyan ay ganito, o kumilos nang ganito-at-ganyan, na ang resulta ay nagiging masama ang iyong espirituwal na kundisyon. Sa tingin Ko, hindi ito angkop, at ito ay isang walang-kabuluhang bagay. Hindi ba ang Diyos yaong Isa na pinaniniwalaan mo? Hindi iyon kung sinong tao. Hindi magkapareho ang mga tungkulin. May isang katawan. Bawat isa'y ginagawa ang kanyang tungkulin, bawat isa'y nasa kanyang lugar at ginagawa ang kanyang buong makakaya—para sa bawat siklab may isang kislap ng liwanag—at naghahangad na lumago sa buhay. Sa gayon Ako ay masisiyahan.

Kailangan ninyong abalahin ang inyong sarili sa pagiging payapa lamang sa Aking harapan. Manatiling malapit na nakikipagngiti sa Akin, magsaliksik pa kung saan hindi kayo nakakaunawa, mag-alay ng mga panalangin, at maghintay sa Aking panahon. Tingnan nang malinaw ang lahat mula sa espiritu. Huwag kumilos nang padalus-dalos, para hindi ka maligaw ng landas. Sa ganitong paraan lamang tunay na magkakaroon ng bunga ang iyong pagkain at pag-inom ng Aking mga salita. Kumain at uminom ng Aking mga salita nang malimit, pagnilayan ang Aking sinabi, bigyang-pansin ang pagsasagawa ng Aking mga salita, at isabuhay ang realidad ng Aking mga salita; ito ang mahalagang isyu. Ang proseso ng pagtatayo ng iglesia ay proseso rin ng paglago sa buhay. Kung ang iyong buhay ay huminto sa paglago, hindi ka maitatayo. Umaasa sa pagiging natural, sa laman, sa kasigasigan, sa mga ambag, sa mga kwalipikasyon; gaano ka man kagaling, kung umaasa ka sa mga bagay na ito hindi ka itatayo. Kailangan mong mabuhay ayon sa mga salita ng buhay, mabuhay ayon sa kaliwanagan at tanglaw mula sa Banal na Espiritu, alamin ang iyong tunay na sitwasyon, at maging isang taong nabago. Kailangan mong magkaroon ng kaparehong kabatiran sa espiritu, magkaroon ng bagong kaliwanagan, at makasabay sa bagong liwanag. Kailangan mong makayang walang-humpay na lumapit sa Akin at makipag-usap sa Akin, makayang ibatay ang iyong mga kilos sa pang-araw-araw na buhay sa Aking mga salita, makayang makisama nang wasto sa lahat ng uri ng mga tao, pangyayari, at bagay batay sa Aking mga salita,

at gawing pamantayan mo ang Aking mga salita at isabuhay ang Aking disposisyon sa lahat ng aktibidad sa buhay mo.

Kung nais mong arukin at ingatan ang Aking kalooban, kailangan mong bigyang-pansin ang Aking mga salita. Huwag mong gawin ang mga bagay-bagay nang padalus-dalos. Lahat ng hindi Ko sinasang-ayunan ay masama ang kauuwian. Ang pagpapala ay dumarating lamang doon sa Aking napuri. Kung ano ang sinabi Ko, iyon ang mangyayari. Kung may iniutos Ako, tatayo iyon nang matatag. Para maiwasan ninyong galitin Ako, kailangan talagang hindi ninyo gawin ang hindi Ko pinahintulutan. Kung gagawin ninyo ito, hindi kayo magsisisi kailanman.

Kabanata 22

Ang paniniwala sa Diyos ay hindi madaling gawin. Naguguluhan ka, kinakain mo ang lahat at iniisip mo na lahat ng iyon ay lubhang kawili-wili, napakasarap! May mga iba pa ngang pumapalakpak—wala silang pagkahiwatig sa kanilang espiritu. Ito ay isang karanasan na nararapat sa inyong masusing pagpapaliwanag. Sa mga huling araw, lumilitaw ang lahat ng klase ng mga espiritu upang gampanan ang kanilang papel, na lantarang nilalabanan ang pag-unlad ng mga anak ng Diyos at nakikibahagi sa pagsira sa pagtatayo ng iglesia. Kung hindi ninyo ito sineseryoso at binibigyan ninyo si Satanas ng mga pagkakataong makaimpluwensya, guguluhin nito ang iglesia, magkakagulo at magiging desperado ang mga tao, at sa mga seryosong sitwasyon ay maglalaho ang mga pangitain ng mga tao. Sa gayon, ang maingat na pagbabayad Ko ng halaga sa loob ng maraming taon ay mauuwi sa wala.

Ang panahon na itatayo ang iglesia ay panahon din na pinakabalisa si Satanas. Malimit magsanhi ng paggambala at pag-abala si Satanas sa pamamagitan ng ilang tao, at yaong hindi nakakakilala sa espiritu at yaong mga bagong mananampalataya ang maaaring pinakamadaling gumanap sa papel ni Satanas. Kadalasan, dahil hindi nauunawaan ng mga tao ang gawain ng Banal na Espiritu, kumikilos sila nang walang-pakundangan, ganap na naaayon sa sarili nilang mga kagustuhan, sa sarili nilang mga paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay, at sa sarili nilang mga kuru-kuro. Pigilan mo ang iyong dila—para ito sa sarili mong proteksyon. Makinig at sumunod na mabuti. Ang iglesia at lipunan ay magkaiba. Hindi mo maaaring basta sabihin ang gusto mo; hindi mo maaaring sabihin ang anumang iniisip mo. Hindi iyan maaari rito, dahil ito ang bahay ng Diyos. Hindi tinatanggap ng Diyos ang paraan ng paggawa ng mga tao sa mga bagay-bagay. Kailangan mong gawin ang mga bagay-bagay sa pamamagitan ng pagsunod sa Espiritu; kailangan mong isabuhay ang mga salita ng Diyos, at sa gayon hahangaan ka ng iba. Kailangan mo munang lutasin ang lahat ng paghihirap sa iyong kalooban sa pamamagitan ng pag-asa sa Diyos. Wakasan ang iyong masamang disposisyon at kayanin na tunay na maunawaan ang iyong sariling kalagayan at alamin

kung paano ka dapat kumilos; patuloy na makibahagi tungkol sa anumang bagay na hindi mo nauunawaan. Hindi katanggap-tanggap na hindi makilala ng isang tao ang kanyang sarili. Paghilumin mo muna ang sarili mong karamdaman, at, sa pagkain at pag-inom ng Aking mga salita nang mas madalas at pagbubulay-bulay tungkol sa mga ito, mabuhay at gawin ang iyong mga gawa batay sa Aking mga salita; nasa bahay ka man o nasa ibang lugar, dapat mong tulutan ang Diyos na gumamit ng kapangyarihan sa iyong kalooban. Iwaksi ang laman at pagiging natural. Laging hayaang magkaroon ng kapamahalaan ang mga salita ng Diyos sa iyong kalooban. Hindi kailangang mag-alala na hindi nagbabago ang buhay mo; pagdating ng panahon, madarama mo na malaki ang ipinagbago ng iyong disposisyon. Dati, sabik kang maging sikat, hindi mo sinunod ang sinuman o kaya nama'y ambisyoso ka, mapagmagaling, o mapagmataas—unti-unting maaalis sa iyo ang mga bagay na ito. Kung nais mong iwaksi ang mga iyon ngayon mismo, imposible iyan! Ito ay dahil hindi hahayaan ng dati mong pagkatao ang iba na salingin ito, napakalalim ng mga ugat niyon. Kaya, kailangan mong magsagawa ng sariling pagsisikap, positibo at aktibong sundin ang gawain ng Banal na Espiritu, gamitin ang iyong kalooban upang makipagtulungan sa Diyos, at maging handang isagawa ang Aking mga salita. Kung magkasala ka, didisiplinahin ka ng Diyos. Kapag bumalik ka at nakaunawa, maaayos kaagad ang lahat sa iyong kalooban. Kung nagsasalita ka nang walang-pakundangan, didisiplinahin kaagad ang iyong kalooban. Nakikita mo na hindi nalulugod ang Diyos sa gayong mga bagay, kaya't kung titigil ka kaagad, daranas ka ng kapayapaan ng kalooban. May ilang bagong mananampalataya na hindi nauunawaan kung ano ang mga damdamin ng buhay o kung paano mabuhay ayon sa mga damdaming iyon. Kung minsa'y nagtataka ka, kahit wala kang nasabi, kung bakit balisang-balisa ang iyong kalooban. Sa gayong mga pagkakataon, ang iyong mga iniisip at isipan ang may mali. Kung minsan may sarili kang mga pagpapasya, sariling mga kuru-kuro at palagay; kung minsan itinuturing mo na mas hamak ang iba kaysa iyo; kung minsan makasarili ang ginagawa mong mga kalkulasyon at hindi ka nagdarasal o hindi mo sinusuri ang iyong sarili. Ito ang dahilan kaya hindi mapakali ang iyong kalooban. Marahil ay alam mo kung ano ang problema, kaya, agad kang tumatawag sa pangalan ng Diyos sa puso mo, lumalapit ka sa Diyos, at gumagaling ka. Kapag lalong nagulumihanang at nabagabag ang puso mo, talagang hindi mo dapat isipin na tinutulutan ka ng Diyos na magsalita. Dapat ay lalong pansining mabuti ng mga bagong mananampalataya ang pagsunod sa Diyos sa bagay na ito. Ang mga damdaming inilalagay ng Diyos sa kalooban ng tao ay kapayapaan, kagalakan, kalinawan, at katiyakan. Madalas, may mga taong hindi nakakaunawa, na manggugulo at kikilos nang walang-pakundangan—pag-abala ang lahat ng ito; pansinin itong mabuti. Kung madali kang magkaganito, dapat kang uminom ng “pangontrang gamot” para mapigilan ito; kung hindi, lilikha ka ng mga paggambala at hahagupitin ka ng Diyos. Huwag kang magmagaling; humugot sa mga kalakasan ng iba para mapunan ang sarili mong mga kakulangan, panoorin kung paano nabubuhay

ang iba ayon sa mga salita ng Diyos; at tingnan kung nararapat tularan ang kanilang buhay, kilos, at pananalita. Kung itinuturing mong mas hamak ang iba kaysa sa iyo, ikaw ay mapagmagaling, palalo, at walang pakinabang sa iba. Ang mahalaga ngayon ay magtuon sa buhay, kumain at uminom pa ng Aking mga salita, danasin ang Aking mga salita, alamin ang Aking mga salita, gawing tunay na buhay mo ang Aking mga salita—ito ang mga pangunahing bagay. Kung hindi kaya ng isang tao na mamuhay ayon sa mga salita ng Diyos, lalago ba ang kanilang buhay? Hindi, hindi nito kaya. Kailangan mong mamuhay ayon sa Aking mga salita sa lahat ng oras at gawing panuntunan ng pag-uugali sa buhay ang Aking mga salita, upang madama mo na ang pagkilos ayon sa panuntunang iyon ay nakakagalak sa Diyos, at ang pagkilos sa ibang paraan ay kinamumuhian ng Diyos; at unti-unti, makakatahak ka sa tamang landas. Kailangan mong maunawaan kung ano ang nagmumula sa Diyos at kung ano ang nagmumula kay Satanas. Ang nagmumula sa Diyos ay nagbibigay sa iyo ng mas malinaw pang mga pangitain at mas naglalapit pa sa iyo sa Diyos; nagbabahagi ka ng taimtim na pagmamahal sa iyong mga kapatid, kaya mong isaalang-alang ang pasanin ng Diyos, at mayroon kang pusong nagmamahal sa Diyos na hindi naglalahok kailanman. Mayroong daan sa bandang unahan na iyong lalakaran. Ang nagmumula kay Satanas ay nagsasanhi ng pagkawala ng mga pangitain kasama mo, at nagsasanhi ng pagkawala ng lahat ng mayroon ka dati; napapawalay ka sa Diyos, wala kang pagmamahal sa iyong mga kapatid, at mayroon kang pusong nakakamuhi. Nagiging desperado ka, ayaw mo nang ipamuhay ang buhay-iglesia, at naglaho na ang puso mong nagmamahal sa Diyos. Kagagawan ito ni Satanas, at bunga rin ng pag-akay ng masasamang espiritu.

Ang ngayon ay isang napakahalagang sandali. Kailangan ninyong manatili sa inyong puwesto hanggang sa inyong huling rilyebo, linawin ang mga mata ng inyong espiritu upang makatukoy kayo sa pagitan ng mabuti at masama, at gawin ninyo ang lahat ng inyong makakaya sa pagtatayo ng iglesia. Alisin ang mga kampon ni Satanas, paggambala ng relihiyon at gawain ng masasamang espiritu. Padalisayin ang iglesia, ipatupad ang Aking kalooban nang walang balakid, at sa loob ng napakaikling panahong ito bago sumapit ang mga kalamidad, tunay na gagawin Ko kayong ganap sa lalong madaling panahon, at dadalhin kayo sa kaluwalhatian.

Kabanata 23

Sa lahat ng kapatirang nakarinig ng Aking tinig: Napakinggan na ninyo ang tinig ng Aking matinding paghatol at nakapagtiis na kayo ng matinding pagdurusa. Gayunman, dapat ninyong malaman na natatago ang Aking mga layunin sa likod ng Aking istriktong tinig! Dinidisciplina Ko kayo upang kayo ay maligtas. Dapat ninyong malaman na para sa Aking mga minamahal na anak, tiyak na didisciplinahin Ko kayo at tatabasin Ko kayo at

gagawin kayong ganap sa lalong madaling panahon. Masigasig ang puso Ko, pero hindi ninyo nauunawaan ang puso Ko at hindi kayo kumikilos ayon sa Aking salita. Dumarating ngayon ang Aking mga salita sa inyo upang tunay na makilala ninyo na ang Diyos ay isang maibiging Diyos at nagdudulot sa inyo na maranasan ang matapat na pag-ibig sa Diyos. Gayunman, mayroon ding isang maliit na bilang ng mga tao na nagpapanggap. Kapag nakikita nila ang kalungkutan ng ibang tao, ginagaya nila sila, at pinupuno rin nila ng mga luha ang kanilang mga mata. Mayroon namang iba na nagpapakita—sa panlabas—na may pagkakautang sila sa Diyos at tila nagdadalamhati sila, pero sa loob nila, hindi nila totoong nauunawaan ang Diyos, at ni hindi sila tiyak tungkol sa Kanya; sa halip ay pagkukunwari lamang ito. Kinasusuklanan Ko ang mga taong ito nang higit sa lahat! Sa malao't madali, ihihiwalay ang mga taong ito mula sa Aking lungsod. Ang layunin Ko ay ito: nais Ko ang mga taimtim na nagnanais sa Akin, at ang mga naghahangad lamang sa Akin nang may totoong puso ang makapagbibigay-kaluguran sa Akin. Ang mga taong ito ang tiyak na susuportahan Ko gamit ang sarili Kong mga kamay, at sisiguruhin Kong wala silang makakaharap na mga kalamidad. Ang mga taong totoong nagnanais sa Diyos ay magiging handa na magsaalang-alang sa puso ng Diyos at gawin ang kalooban Ko. Kaya, dapat kayong pumasok sa realidad sa lalong madaling panahon at tanggapin ang Aking salita bilang inyong buhay—ito ang Aking pinakamalaking pasanin. Kung papasok sa realidad ang lahat ng mga iglesia at mga banal at ang lahat ay kayang tuwirang makipagbahaginan sa Akin, humarap ng mukhaan sa Akin at isagawa ang katotohanan at katuwiran, saka lamang sila magiging Aking mga minamahal na anak, na Aking lubos na kinalulugdan. Sa mga taong ito ay ipagkakaloob Ko ang lahat ng malalaking pagpapala.

Kabanata 24

Papalapit na ang oras. Gumising! Lahat ng banal! Magsasalita Ako sa inyo, at ang lahat ng nakikinig ay gigising. Ako ang Diyos na pinanampalatayaan ninyo sa loob ng maraming taon. Ngayon ay nagkatawang-tao Ako at naparito sa inyong harapan, dahil dito ay ibinubunyag kung sino ang tunay na nagnanais sa Akin, kung sino ang nahahandang magbayad ng anumang halaga para sa Akin, kung sino ang tunay na nakikinig sa Aking salita, at sino ang nakahandang isagawa ang katotohanan. Dahil Ako ang makapangyarihang Diyos—nakikita Ko ang lahat ng lihim ng tao na nakatago sa kadiliman, kilala Ko kung sino ang tunay na nagnanais sa Akin, at kilala Ko kung sino ang tumututol sa Akin. Nagmamasid Ako sa lahat ng bagay.

Ngayon ay nais Kong gumawa ng isang grupo ng mga tao na kaayon ng Aking puso sa lalong madaling panahon, isang grupo ng tao na kayang isaalang-alang ang Aking mga pasanin. Gayunman, hindi Ko mapigilang linisin at dalisayin ang Aking iglesia; ang iglesia ang puso Ko. Kinasusuklanan Ko ang lahat ng masasamang tao na pinipigilan

kayo sa pagkain at pag-inom ng Aking salita. Ito'y dahil may ilang tao na hindi Ako tunay na ninanais. Ang mga taong ito ay puno ng panlilinlang, hindi sila lumalapit sa Akin sa kanilang totoong puso; masasama sila, at sila ang mga taong hinahadlangan ang pagsasagawa ng Aking kalooban; sila ang mga taong hindi nagsasagawa ng katotohanan. Ang mga taong ito ay puno ng pagmamagaling at pagmamataas, lubha silang ambisyoso, gusto nilang nanlalait, at bagamat ang mga salitang sinasabi nila ay maganda sa pandinig, pero lihim nilang hindi isinasagawa ang katotohanan. Ang lahat ng masasamang taong ito ay lilipulin at lubusang mapapaalis; manlulupaypay sila sa mga sakuna. Ang mga salitang ito ay upang paalalahanan kayo at upang balaan kayo para mapanatili ninyo ang inyong mga paa sa landas na kaayon ng puso Ko. Palaging bumalik sa inyong espiritu, dahil minamahal Ko ang mga nagmamahal sa Akin ng kanilang buong puso. Dahil lumalapit kayo sa Akin, pangangalagaan Ko kayo at ilalayo kayo mula sa masasama, matatag Ko kayong itatayo sa Aking tahanan at babantayan Ko kayo hanggang wakas.

Kabanata 25

Makapangyarihang Diyos, Walang-hanggang Ama, Prinsipe ng Kapayapaan, ang ating Diyos ang Hari! Itinatapak ng Makapangyarihang Diyos ang Kanyang mga paa sa Bundok ng mga Olibo. Anong ganda nito! Makinig! Nilalakasan nating mga tagapagbantay ang ating mga tinig; sama-sama tayong umaawit, dahil nakabalik na ang Diyos sa Sion. Nakikita ng sarili nating mga mata ang kapanglawan ng Jerusalem. Magsaya at umawit nang sama-sama, dahil naaliw na tayo ng Diyos at natubos na ang Jerusalem. Nailantad na ng Diyos ang Kanyang banal na bisig sa mga mata ng lahat ng bansa, nagpakita na ang tunay na persona ng Diyos! Nakita na ng lahat ng dulo ng mundo ang pagliligtas ng ating Diyos.

O, Makapangyarihang Diyos! Ang pitong Espiritu ay naipadala na mula sa Iyong trono papunta sa lahat ng iglesia upang ibunyag ang lahat ng Iyong mga hiwaga. Habang nakaupo Ka sa Iyong trono ng kaluwalhatian, napamahalaan Mo ang Iyong kaharian at nagawa itong matatag at matibay gamit ang katarungan at katuwiran, at nalupig Mo ang lahat ng bansa sa Iyong harapan. O, Makapangyarihang Diyos! Nakalagan Mo na ang bigkis ng mga hari, nabuksan Mo na nang maluwang ang mga tarangkahan ng lungsod sa Iyong harapan, upang hindi na kailanman magsara. Sapagka't ang Iyong liwanag ay dumating na at ang Iyong kaluwalhatian ay sumisikat at nagniningning. Binabalot ng kadiliman ang lupa at ang makapal na karimlan ay nasa ibabaw ng mga bayan. O, Diyos! Ikaw, gayunpaman, ay nagpakita na at pinagliwanag ang Iyong ilaw sa amin, at ang Iyong kaluwalhatian ay makikita sa amin; lahat ng bansa ay lalapit sa Iyong liwanag at ang mga hari sa Iyong kaningningan. Tumitingala Ka at tumitingin sa paligid: natitipon ang Iyong mga anak na lalaki sa Iyong harapan, at mula

sila sa malayo; ang Iyong mga anak na babae ay dala-dala sa kanilang mga bisig. O, Makapangyarihang Diyos! Hawak na kami ng Iyong dakilang pag-ibig; Ikaw ang nangunguna sa aming pagsulong sa daan patungo sa Iyong kaharian, at ang Iyong mga banal na salita ang tumatagos sa amin.

O, Makapangyarihang Diyos! Nagpapasalamat kami at nagpupuri sa Iyo! Hayaan Mo kaming tumingala sa Iyo, sumaksi sa Iyo, magtaas sa Iyo, at magsiawit sa Iyo taglay ang isang taos, payapa, at nakatuong puso. Hayaan Mo kaming magkaisa ang isipan at maitayong sama-sama, at nawa sa lalong madaling panahon ay gawin Mo kaming mga kaayon ng Iyong puso, na Iyong gagamitin. Maisakatuparan nawa nang walang hadlang sa lupa ang Iyong kalooban.

Kabanata 26

Aking mga anak, dinggin ang Aking mga salita, makinig nang tahimik sa Aking tinig at bibigyan kita ng mga paghahayag. Manahimik sa loob Ko, sapagkat Ako ang inyong Diyos, ang inyong tanging Manunubos. Dapat ninyong payapain ang inyong mga puso sa lahat ng sandali at mabuhay sa loob Ko; Ako ang inyong bato, ang inyong tagapagtaguyod. Huwag magkaroon ng ibang isip, ngunit buong-pusong sumandal sa Akin at Ako ay tiyak na magpapakita sa inyo—Ako ang inyong Diyos! A, ang mga mapag-alinlangang iyon! Sila ay tiyak na hindi makatatayo nang matatag at sila ay walang anumang makakamtan. Dapat ninyong malaman kung anong oras na ngayon, kung gaano kakritikal ang oras na ito! Napakahalaga nito! Huwag abalahin ang inyong mga sarili sa mga bagay na walang kabuluhan; magmadaling lumapit sa Akin, makipagbahaginan sa Akin, at Aking ibubunyag ang lahat ng hiwaga sa inyo.

Dapat kang makinig sa lahat ng salita ng paggabay mula sa Banal na Espiritu, at isapuso ang bawat isa nito. Napakaraming ulit mo nang narinig ang Aking mga salita at pagkatapos ay nakalimutan ang mga iyon. O, mga walang pag-iisip! Ikaw ay nawalan na ng napakaraming pagpapala! Ikaw ngayon ay dapat na makinig nang mabuti at bigyang-pansin ang Aking mga salita, mas higit na makisalamuha sa Akin at maging mas malapit pa sa Akin. Gagabayan kita sa anumang bagay na hindi mo nauunawaan, at Akin kitang pangungunahan sa pagsulong. Huwag isipin na makisalamuha pa sa ibang tao. Marami na ngayon ang nangangaral ng mga titik at doktrina, at lubhang kakaunti ang tunay na nagtataglay ng Aking realidad. Ang kanilang pagbabahagi ay nakakalito at nakakamanhid sa isang tao, hindi nalalaman kung paano uunlad. Kapag narinig ninyo sila, kayo ay makakaunawa lamang nang kaunti tungkol sa mga titik at mga doktrina. Dapat ninyong bantayan ang inyong hakbang at panatilihin ang inyong puso na palaging buhay sa harapan Ko sa lahat ng oras; dapat kayong makipag-usap sa Akin at lumapit sa Akin at hahayaan Kong makita mo ang hindi mo nauunawaan. Ingatan ang iyong pananalita, bantayan ang iyong puso sa lahat ng sandali, at lumakad sa daang Aking nilalakaran.

Ito ay hindi na magtatagal ngayon; mayroon pang kaunting panahon na nalalabi. Magmadaling iwanan ang lahat ng bagay maliban sa Akin at halikayo't sumunod sa Akin! Hindi Ko kayo tatratuhin nang masama. Napakaraming ulit na hindi ninyo naunawaan ang Aking mga pagkilos, ngunit alam ba ninyo kung gaano Ko kayo kamahal? A, hindi ninyo lamang nauunawaan ang Aking puso. Kahit na gaano pa kayo nag-alinlangan o kahit gaano pa ang utang ninyo sa Akin, hindi Ko na ito aalalahanin, at gayunpaman ay pinili Ko kayo na humayo at kumilos ayon sa Aking kalooban.

Hindi ngayon ang panahon para manatili. Mula ngayon, kung mayroon kayong natatagong hangarin, kung gayon ang Aking paghatol ay sasapit sa inyo. Kung iiwan ninyo Ako kahit nang isang sandali lamang, kung gayon kayo ay magiging gaya ng asawa ni Lot. Ang gawain ng Banal na Espiritu ngayon ay bumibilis, at ang mga hindi makasasabay sa bagong liwanag ay nasa panganib. Ang mga hindi nagbabantay ay tatalikuran; dapat ninyong pangalagaan ang inyong mga sarili. Alam mong ang lahat ng bagay sa iyong kapaligiran ay naroon dahil sa Aking pahintulot, Ako ang nagsasaayos nitong lahat. Tingnan ito nang malinaw at bigyang-kasiyahan ang Aking puso sa kapaligirang ibinigay Ko na sa iyo. Huwag matakot, ang Makapangyarihang Diyos ng maraming hukbo ay tiyak na sasaiyo; Siya ay nasa inyong likuran at Siya ang inyong sanggalang. Sa kasalukuyan, ang mga tao ay may napakaraming kuru-kuro, na pumupuwersa sa Akin na ipahayag ang Aking kalooban sa pamamagitan ng mga taong hinahamak ng iba, na ikakapahiya ng mga palalo at mapagmagaling, mapagmataas, ambisyoso, at may mataas na katayuan. Hangga't kayo ay nagpapakita ng taos-pusong pagsasaalang-alang sa Aking pasanin, ihahanda Ko ang lahat ng bagay para sa inyo. Basta sumunod lamang kayo sa Akin!

Kabanata 27

Ang nag-iisang tunay na Diyos na naghahari sa sansinukob at sa lahat ng bagay—ang Makapangyarihang Diyos, Cristo ng mga huling araw! Ito ang patotoo ng Banal na Espiritu, ito'y di-mapasisinungalingang katibayan! Gumagawa ang Banal na Espiritu upang magpatotoo sa lahat ng dako, upang walang sinuman ang magduda. Ang matagumpay na Hari, Makapangyarihang Diyos! Nanaig na Siya sa buong mundo, nanaig na Siya sa kasalanan, at natupad na Niya ang Kanyang pagtubos! Iniligtas Niya tayo, ang grupong ito ng mga taong ginawang tiwali ni Satanas, at ginagawa Niya tayong ganap upang magawa ang kalooban Niya. Hawak Niya ang kapangyarihan ng paghahari sa buong daigdig, binabawi ang lupaing ito at itinataboy si Satanas tungo sa walang hanggang hukay. Hinahatulan Niya ang mundo, at wala ni isa man ang makakatakas mula sa Kanyang mga kamay. Namumuno Siya bilang Hari.

Nagbubunyi ang buong daigdig! Pinupuri nito ang matagumpay na Hari—ang Makapangyarihang Diyos! Magpakailan pa man! Karapat-dapat Ka sa parangal at papuri. Awtoridad at luwalhati sa dakilang Hari ng sansinukob!

Maigsi na lang ang oras, sumunod sa mga yapak ng Makapangyarihang Diyos at patuloy na sumulong. Maging maselan sa pagkakamali, isaalang-alang ang Kanyang pasanin, maging kaisa ng Kanyang isipan, at gugulin ang iyong sarili para sa Kanyang plano ng pamamahala. Hindi mo dapat pinananatili ang iyong mga ari-arian. Kaunting-kaunti na lamang ang nalalabing oras. Ihandog ang mga ito! Huwag patuloy na hawakan ang mga ito! Ihandog ang mga ito! Huwag patuloy na hawakan ang mga ito!

Kabanata 28

Kapag nakikita mo na ang panahon ay napakaikli at mabilis na kumikilos pasulong ang gawain ng Banal na Espiritu, nagiging sanhi upang ikaw ay magkamit ng gayon kadakilang mga pagpapala at matanggap ang Hari ng sansinukob, ang Makapangyarihang Diyos, na Siyang sumisikat na Araw, ang Hari ng kaharian—ang lahat ng ito ay Aking biyaya at habag. Ano pa bang maaaring makapaghiwalay sa iyo mula sa Aking pag-ibig? Pagnilayan nang mabuti, huwag subukang tumakas, maghintay nang tahimik sa harap Ko sa bawat sandali at huwag laging gumala sa labas. Ang iyong puso ay dapat na malapit na malapit sa Aking puso, at kahit ano pa ang maaaring mangyari, huwag kumilos nang pikit-mata o basta-basta. Dapat kang tumingin sa Aking kalooban, gawin anuman ang Aking nais, at maging desididong iwan iyong hindi Ko ninanais. Hindi ka dapat kumilos batay sa iyong mga nararamdaman, bagkus ay magsagawa ng pagiging matuwid, gaya Ko, nang walang damdamin kahit sa iyong mga magulang. Dapat mong iwan ang lahat ng hindi umaayon sa katotohanan at dapat mong ialay ang iyong sarili at gugulin ang iyong sarili para sa Akin nang may dalisay na puso na nagmamahal sa Akin. Huwag pagdusahan ang pagkontrol ng sinumang tao, anumang pangyayari o bagay; hangga’t ito ay umaayon sa Aking kalooban, isagawa lang ito nang alinsunod sa Aking mga salita. Huwag matakot, sapagkat ang Aking mga kamay ay umaalalay sa iyo, at ilalayo kita mula sa lahat ng gumagawa ng masama. Dapat mong bantayan ang iyong puso, manatiling nasa loob Ko sa lahat ng sandali, dahil ang iyong buhay ay nangangailangang nakasalig sa Aking buhay; kung iiwan mo Ako, kaagad kang malalanta.

Dapat mong malaman na ito na ang mga huling araw. Ang diyablong si Satanas, gaya ng isang leong umaatungal, ay umaali-aligid, naghahanap ng mga taong masisila. Ang lahat ng uri ng mga salot ay lumilitaw na ngayon, at maraming iba’t ibang uri ng masasamang espiritu. Tanging Ako ang tunay na Diyos; tanging Ako ang iyong kanlungan. Ngayon, wala kang magagawa kundi magtago sa Aking lihim na dako, tanging sa loob Ko, at ang mga sakuna ay hindi darating sa iyo, at walang kalamidad ang makalalapit sa iyong tolda. Dapat kang lumapit sa Akin nang mas madalas pa at makipagbahagian sa Akin sa lihim na dako; huwag pabayang makipagbahagian sa iba. Kailangan mong maunawaan ang kahulugan sa Aking mga salita—hindi Ko sinasabi na

bawal kang makipagbahagian, kaya lamang ay wala ka pa ring pagkakilala. Sa panahong ito, laganap ang gawain ng masasamang espiritu. Ginagamit nila ang lahat ng uri ng tao upang magbahagi sa iyo. Ang kanilang mga salita ay lubhang kasiya-siyang pakinggan, ngunit may lason sa loob. Ito ay mga balatkayong bala at bago mo ito matanto, itatanim ng mga ito ang lason sa loob mo. Dapat mong malaman na karamihan ng mga tao ngayon ay hindi matatag, na para bang sila ay lasing. Kapag ibinabahagi mo sa iba ang iyong mga paghihirap, ang sinasabi nila sa iyo ay mga panuntunan at doktrina lamang, at hindi ito kasingbuti ng tuwirang pagbabahagi sa Akin. Lumapit ka sa harap Ko at ilabas mo ang mga lumang bagay sa loob mo; buksan ang iyong puso sa Akin at ang Aking puso ay tiyak na mabubunyag sa iyo. Ang iyong puso ay dapat na maging masigasig sa harap Ko. Huwag maging tamad, sa halip ay malimit na lumapit sa Akin—ito ang pinakamabilis na paraan upang lumago ang iyong buhay. Dapat kang mabuhay sa loob Ko at Ako ay mabubuhay sa loob mo, at Ako ay magiging Hari sa loob mo, na pumapatnubay sa iyo sa lahat ng bagay, at ikaw ay magkakaroon ng bahagi ng kaharian.

Huwag mong maliitin ang iyong sarili dahil ikaw ay bata. Dapat mong ialay ang iyong sarili sa Akin. Hindi Ko isinasaalang-alang kung ano ang panlabas na hitsura ng mga tao o kung ilang taon sila. Isinasaalang-alang Ko lamang kung minamahal nila Ako nang taos-puso, at kung sinusunod nila ang Aking daan, at isinasagawa ang katotohanan na binabalewala ang lahat ng iba pang bagay. Huwag mag-alala tungkol sa kung ano ang magiging bukas o kung paano ang magiging hinaharap. Hangga't ikaw ay umaasa sa Akin upang mabuhay sa bawat araw, tiyak na ikaw ay Aking aakayin. Huwag manahan sa saloobing, “Ang aking buhay ay lubhang maliit, wala akong nauunawaan,” na isang saloobing ipinadala ni Satanas. Kailangan mo lamang gamitin ang iyong puso upang lumapit sa Akin sa lahat ng oras, at sumunod sa Aking mga yapak hanggang sa dulo ng daan. Kapag narinig mo ang Aking mga salita ng pagsaway at babala, gumising ka at agad na tumakbo pasulong; lumapit sa Akin nang walang hinto, makipagsabayan sa kawan, at manatiling nakatingin sa unahan. Sa presensya Ko, dapat mong ibigin ang iyong Diyos nang buong puso at kaluluwa mo. Pag-isipan ang Aking mga salita nang mas madalas habang nasa landas ng paglilingkod. Sa pagsasagawa ng katotohanan, huwag kang panghinaan ng puso—magkaroon ka ng isang malakas na puso, na may kapasyahan at determinasyon ng isang anak na lalaki; taglayin mo ang isang pusong mahirap talunin. Kung nais mong ibigin Ako, dapat mo Akong bigyang-kasiyahan sa lahat ng bagay na nais Kong isakatuparan sa iyo. Kung nais mong sumunod sa Akin, dapat mong talikdan ang lahat ng mayroon ka, ang lahat ng iyong iniibig; dapat kang magpasakop nang may kababaang-loob sa harap Ko, nang may payak na isipan. Huwag kang magsaliksik o mag-isip nang walang pag-iingat, kundi manatiling nakasabay sa gawain ng Banal na Espiritu.

Dito ay binibigyan kita ng payo: Siguraduhing mahigpit na humawak sa lahat ng Aking binibigyang-liwanag sa loob mo, at siguraduhing isagawa ang mga ito!

Kabanata 29

Alam mo ba na ang panahon ay minamadali? Kaya sa maikling taning, ikaw ay dapat na umasa sa Akin at iwaksi ang lahat ng bagay mula sa iyo na hindi kaayon ng Aking disposisyon: kamangmangan, kabagalan sa pagtugon, malabong mga kaisipan, kalambutan ng puso, isang lupaypay na kalooban, pagiging katawa-tawa, lubhang pagod na mga damdamin, kalituhan, at kakulangan ng pagkakilala. Ang mga ito ay kailangang maiwaksi sa lalong madaling panahon. Ako ang Makapangyarihang Diyos! Hangga't ninanais mong makipagtulungan sa Akin, Aking gagamutin ang lahat ng masakit sa iyo. Ako ang Diyos na tumitingin nang malalim sa mga puso ng mga tao; nalalaman Ko ang lahat ng iyong mga karamdaman at kung saan naroroon ang iyong mga depekto. Ang mga ito ang mga bagay na humahadlang sa iyo mula sa pagkakaroon ng pag-unlad sa iyong buhay, at ang mga ito ay kailangang maiwaksi sa lalong madaling panahon. Kung hindi, ang Aking kalooban ay hindi maisasakatuparan sa iyo. Manalig sa Akin upang maiwaksi ang lahat ng bagay na pag-aari mo na Aking tinatanglawan, laging mabuhay na kasama Ko, maging malapit sa Akin, at gawin ang iyong mga kilos at pag-uugali na katulad ng sa Akin. Makipagbahagian pa sa Akin nang mas madalas tungkol sa mga hindi mo nauunawan, at gagabayan kita nang ikaw ay makasulong. Kung hindi ka tiyak, huwag kumilos nang nagmamadali, kundi maghintay sa Aking panahon. Patuloy na magtimpi at huwag hayaan ang iyong mga nag-aalab na damdamin na uminit at lumamig; kailangan mong magkaroon ng isang puso na laging humahawak sa Akin nang may paggalang. Anuman ang gawin mo sa Aking harapan o sa Aking likuran ay kailangang laging naaayon sa Aking kalooban. Huwag kang maging maluwag sa kahit na sino alang-alang sa Akin, maging siya man ay iyong asawa o kapamilya; ito ay hindi katanggap-tanggap, gaano man sila kabuti. Kailangang gumawa ka ng hakbang batay sa katotohanan. Kung mahal mo Ako, pagkakalooban kita ng mga dakilang pagpapala. Walang sinumang lumalaban ang kukunsintihin Ko. Ibigin mo ang Aking iniibig, at kamuhian ang Aking kinamumuhian. Huwag mong pansinin ang sinumang tao, anumang pangyayari, o anumang bagay. Tumingin ka gamit ang iyong espiritu at tingnan nang maigi ang mga tao na Aking ginagamit; makipag-ugnayan ka nang mas malimit sa espirituwal na mga tao. Huwag maging mangmang—kailangan mong makita ang pagkakaiba. Ang trigo ay laging magiging trigo, at ang mapanirang damo ay hindi kailanman lalago para maging trigo—kailangan mong makilala ang iba't ibang uri ng mga tao. Kailangan mong maging lalong maingat sa iyong pananalita at panatilihin ang iyong mga paa sa landas ng Aking hangarin. Maingat na isaalang-alang ang lahat ng mga salitang ito. Kailangan mong iwaksi kaagad ang iyong pagkamapanghimagsik at maging marapat sa Aking paggamit, upang iyong mabigyang-kasiyahan ang Aking puso.

Kabanata 30

Gising, mga lalaking kapatid! Gising, mga babaeng kapatid! Hindi maaantala ang Aking araw; ang oras ay buhay, at ang samantalahin ang panahon ay nakapagliligtas ng buhay! Hindi na malayo ang oras! Kung hindi kayo makapasa sa pagsusulit sa pagpasok sa kolehiyo, maaari kayong mag-aral at kumuha muli ng pagsusulit kahit ilang ulit ninyo naisin. Gayunman, ang Aking araw ay hindi na maaantala. Tandaan! Tandaan! Hinihimok Ko kayo sa pamamagitan ng mabubuting salitang ito. Nagaganap ang katapusan ng mundo sa harap mismo ng inyong mga mata, at matuling nagsisilapit ang malalaking sakuna. Ano ang mas mahalaga: ang buhay ninyo, o ang inyong pagtulog, ang pagkain, inumin, at kasuotan? Dumating na ang oras para timbangin ninyo ang mga bagay na ito. Huwag nang magduda pa at huwag umiwas sa pagiging sigurado!

Kahabag-habag! Napakadukha! Napakabulag! Napakalupit ng sangkatauhan! Talagang nagbibingi-bingihan kayo sa Aking salita—nagsasalita ba Ako sa inyo nang walang saysay? Napakapabaya pa rin ninyo—bakit? Bakit ganoon? Hindi ba ninyo ito talaga naisip kailanman? Para kanino Ko sinasabi ang mga bagay na ito? Maniwala sa Akin! Ako ang inyong Tagapagligtas! Ako ang inyong Pinakamakapangyarihan sa Lahat! Magbantay! Magbantay! Ang nasayang na oras ay hindi na maibabalik kailanman—tandaan ito! Walang gamot saanman sa mundo ang naghihilom sa panghihinayang! Kaya paano Ako dapat makipag-usap sa inyo? Hindi ba karapat-dapat ang Aking salita sa inyong maingat at paulit-ulit na pagsasaalang-alang? Napakapabaya ninyo sa Aking mga salita at napakairesponsable sa inyong buhay; papaano Ko matitiis ito? Papaano Ko ito magagawa?

Bakit hindi nagkaroon ng wastong buhay-iglesia sa inyo sa buong panahong ito? Ito ay dahil kulang kayo ng pananampalataya; hindi kayo handa na magbayad ng halaga, na ihandog ang inyong mga sarili, na gugulin ang inyong mga sarili sa harapan Ko. Gising, Aking mga anak na lalaki! Maniwala sa Akin, Aking mga anak na lalaki! Aking minamahal, bakit hindi ninyo isanasaalang-alang kung ano ang nasa puso Ko?

Kabanata 31

Minamahal Ko ang lahat ng tunay na nagnanais sa Akin. Kung kayo ay magtutuon ng pansin sa pagmamahal sa Akin, tiyak na pagpapalain Ko kayo nang labis-labis. Nauunawaan ba ninyo ang Aking mga hangarin? Sa Aking sambahayan, walang pagkakaiba sa pagitan ng mataas at mababang katayuan. Ang bawat isa ay Aking anak, at Ako ang inyong Ama, ang inyong Diyos. Ako ay pinakamataas at walang katulad. Ako ang nagkokontrol sa sansinukob at sa lahat ng bagay!

Ikaw ay dapat “maglingkod sa Akin nang may pagpapakumbaba at nang nakakubli” sa Aking sambahayan. Ang pariralang ito ay dapat na magsilbi bilang iyong panuntunan.

Huwag kang maging isang dahon sa isang puno, kundi maging ugat ng puno at mag-ugat nang malalim sa buhay. Pumasok sa tunay na karanasan ng buhay, mamuhay sa Aking mga salita, lalo pa Akong hanapin sa bawat bagay, at lumapit sa Akin at makipagbahagian sa Akin. Huwag bigyang-pansin ang anumang panlabas na mga bagay, at huwag maging kontrolado ng sinumang tao, kaganapan, o bagay, ngunit makipagbahagian lamang sa espirituwal na mga tao tungkol sa kung ano Ako. Unawain ang Aking mga hangarin, hayaan ang Aking buhay na dumaloy sa iyo, at isabuhay ang Aking mga salita at tugunan ang Aking mga hinihingi.

Ibuhos ang lahat ng iyong lakas sa mga bagay na Aking itinagubilin sa iyo; gawin ang lahat ng iyong makakaya upang bigyang-kasiyahan ang Aking puso. Ako ang iyong kapangyarihan at Ako ang iyong kagalakan.... Ako ang iyong lahat-lahat. Hangarin mo lamang Ako. Nalalaman Ko ang tunay na ninanasa ng iyong puso at na tunay mong ginugugol ang iyong sarili para sa Akin, subalit dapat mong malaman kung paano magpakita ng katapatan sa Akin sa Aking sambahayan at kung paano sumunod sa Akin hanggang sa wakas.

Ang iglesia ang Aking puso at Ako ay nagniningas sa pagkabahala para sa pagbubuo ng Aking iglesia. Dapat mong gugulin ang iyong sarili para sa Akin sa pamamagitan ng pag-aalay ng iyong sarili nang wala ni katiting na pasubali, at magpakita ng pagsasaalang-alang sa Aking mga hangarin upang mabigyang-kasiyahan ang Aking puso.

Kabanata 32

Ano ang liwanag? Dati-rati, aktwal ninyong itinuring ang pagbabago ng gawain ng Banal na Espiritu bilang liwanag. May totoong liwanag sa lahat ng oras: iyon ay, ang pagtatamo ng kung ano ang Diyos sa pamamagitan ng paglapit sa Akin at pakikipagbahaginan sa Akin. Ang pagkakaroon ng kabatiran sa mga salita ng Diyos at pagkaunawa sa kalooban ng Diyos sa Kanyang mga salita—ibig sabihin, habang kinakain at iniinom ang mga ito, nadarama ninyo ang Espiritu sa mga salita ng Diyos at tinatanggap ang mga salita ng Diyos sa loob ninyo; nauunawaan ninyo kung ano Siya sa pamamagitan ng pagdanas, at tinatanggap ninyo ang pagtanglaw ng Diyos habang nakikipagniig sa Kanya; ang lahat ay liwanag. Maaari kang maliwanagan at magkaroon ng bagong kabatiran sa mga salita ng Diyos sa anumang oras habang nagninilay-nilay at nagbubulay-bulay. Kung nauunawaan mo ang salita ng Diyos at nararamdaman mo ang bagong liwanag, hindi ka ba magkakaroon ng lakas sa iyong paglilingkod? Sobra kayong nag-aalala habang naglilingkod kayo! Iyan ay dahil hindi pa ninyo naabot ang realidad, at wala kayong tunay na karanasan o kabatiran. Kung mayroon kang tunay na kabatiran, hindi mo ba malalaman kung paano maglilingkod? Kapag nangyayari sa iyo ang ilang bagay, dapat mong masigasig na maranasan ang mga ito. Kung sa isang madali at maginhawang kapaligiran ay maaari ka ring mabuhay sa liwanag ng mukha

ng Diyos, makikita mo ang mukha ng Diyos araw-araw. Kung nakita mo ang mukha ng Diyos at nakipag-usap ka sa Diyos, hindi ka ba magkakaroon ng liwanag? Hindi kayo pumapasok sa realidad, at palagi kayong nasa labas na naghahanap; bunga nito, wala kayong natatagpuan at naaantala ang inyong pag-unlad sa buhay.

Huwag ninyong ituon ang pansin sa labas; sa halip, lumapit lang kayo sa Diyos sa loob ninyo, makipagniig nang may sapat na lalim, at unawain ang kalooban ng Diyos; hindi ba kayo magkakaroon kung gayon ng landas sa inyong paglilingkod? Kailangang masigasig kayong magbigay-pansin at sumunod. Kung ginagawa ninyo ang lahat ng bagay ayon lang sa Aking mga salita at pumapasok sa mga landas na itinuturo Ko, hindi ba kayo magkakaroon ng landas? Kung natagpuan mo ang landas upang makapasok sa realidad, mayroon ka ring landas para maglingkod sa Diyos. Simple lang ito! Lumapit ka pa sa presensya ng Diyos, magnilay-nilay pa lalo sa mga salita ng Diyos, at makakamtan mo ang kulang sa iyo. Magkakaroon ka rin ng bagong kabatiran at bagong kaliwanagan, at magkakaroon ka ng liwanag.

Kabanata 33

Hinihingi ng Aking kaharian ang mga matapat, ang mga hindi mapagkunwari o mapanlinlang. Hindi ba't ang mga tunay at tapat na tao ay hindi sikat sa mundo? Mismong kabaligtaran Ako. Katanggap-tanggap na lumapit sa Akin ang matatapat na tao; nalulugod Ako sa ganitong uri ng tao, at kailangan Ko rin ang ganitong uri ng tao. Ito mismo ang Aking pagiging matuwid. Ang ilang tao ay mangmang; hindi nila madama ang gawain ng Banal na Espiritu at hindi nila maunawaan ang Aking kalooban. Hindi nila makita nang malinaw ang kapaligiran kung saan umiiral ang kanilang pamilya at ang mga nasa paligid nila, at ginagawa nila ang mga bagay-bagay nang pikit-mata at nawawalan sila ng maraming pagkakataon na magkamit ng biyaya. Paulit-ulit nilang pinagsisisihan ang kanilang mga kilos at kapag nahaharap sila sa isang bagay, hindi na naman nila ito makita nang malinaw. Minsan ay nakakaya nilang umasa sa Diyos upang magtamo ng tagumpay, subalit kapag nahaharap sila sa parehong uri ng bagay kalaunan, umuulit ang dating sakit, at hindi nila maunawaan ang Aking kalooban. Ngunit hindi Ko tinitingnan ang mga bagay na ito, at hindi Ko natatandaan ang inyong mga paglabag. Sa halip, nais Ko kayong iligtas mula sa malaswang lupaing ito at tulutan kayong panibaguhin ang inyong mga buhay. Pinatawad Ko na kayo nang paulit-ulit. Gayunman, ngayon ang pinakakritikal na hakbang. Hindi na kayo maaaring malito pa at hindi na maaaring magpumilit pang sumulong nang ganyan, na patigil-tigil. Kailan kayo makararating sa hantungan? Kailangan ninyong gawin ang inyong buong makakaya upang makatakbo papunta sa dulo ng takbuhan nang hindi humihinto. Huwag kayong maging makupad sa pinakakritikal na sandali, sumulong nang buong-tapang, at isang masaganang piging ang nasa inyong harapan. Mabilis na isuot ang inyong mga

damit-pangkasal at mga balabal ng pagiging matuwid, at dumalo sa hapunan ng kasalan ni Cristo; tamasahin ang pampamilyang kaligayahan magpasawalang-hanggan! Hindi ka na magdadalamhati, malulungkot at magbubuntung-hininga gaya ng dati. Ang lahat ng nasa panahong iyon ay naglaho na gaya ng usok at tanging ang muling nabuhay na buhay ni Cristo ang magkakaroon ng kapangyarihan sa loob mo. Sa loob mo, magkakaroon ng isang templong nadalisay ng paglilinis at paghuhugas, at ang buhay ng muling pagkabuhay na iyong nakamit na ay mananahan sa loob mo magpakailanpaman!

Kabanata 34

Ang Makapangyarihang Diyos ay ang makapangyarihan sa lahat, nakakamit ang lahat, at ganap na totoong Diyos! Hindi lamang Niya hawak ang pitong bituin, Siya ay pinagkalooban ng pitong Espiritu, may pitong mata, binubuksan ang pitong selyo, at binubuksan ang balumbon, ngunit higit pa ryan, pinamamahalaan Niya ang pitong salot at ang pitong mangkok, at inihahayag ang pitong kulog. Matagal na panahon na rin ang nakakalipas nang pinatunog Niya ang pitong trumpeta! Ang lahat ng bagay na nilikha Niya at ginawang ganap ay dapat na magbigay-papuri sa Kanya, bigyan Siya ng kaluwalhatian, at dakilain ang Kanyang trono. O, Makapangyarihang Diyos! Ikaw ang lahat. Natapos Mo ang lahat, at sa Iyo, lahat ay ganap, maliwanag, napalaya, malaya, malakas, at makapangyarihan! Walang anumang natatago o nakukubli; sa Iyo, ang lahat ng hiwaga ay nahahayag. Higit pa rito, Iyong hinatulan ang mga kawan ng Iyong mga kaaway, inihahayag Mo ang Iyong kamahalan, ipinamamalas ang Iyong nagngangalit na apoy, ipinakikita ang Iyong poot, at bukod dito, ipinakikita Mo ang Iyong walang katulad, walang hanggan, at labis na walang katapusang kaluwalhatian! Dapat gumising ang lahat ng mga tao upang magbunyi at umawit nang walang pasubali, pinupuri itong makapangyarihan, ganap na tunay, laging buhay, masagana, maluwalhati at totoong Diyos na mula sa kawalang-hanggan hanggang sa kawalang-hanggan. Dapat patuloy na dakilain ang Kanyang trono, purihin at luwalhatiin ang Kanyang banal na pangalan. Ito ang walang hanggang kalooban Ko—ng Diyos, at walang katapusang pagpapala na Kanyang inihahayag at ipinagkakaloob sa atin! Sino sa atin ang hindi nagmamana nito? Upang manahin ang pagpapala ng Diyos, dapat dakilain ang Kanyang banal na pangalan at lumapit upang pumalibot sa Kanyang trono sa pagsamba. Lahat ng humaharap sa Kanya na may ibang mga motibo at ibang mga pakay ay tutunawin ng Kanyang nagngangalit na apoy. Ngayon ay ang araw na ang Kanyang mga kaaway ay hahatulan, at sa araw din na ito, sila ay malilipol. Higit pa rito, iyan din ang araw na Ako, ang Makapangyarihang Diyos, ay mabubunyag at dito makakamit ang kaluwalhatian at karangalan. O, lahat ng tao! Mabilis na bumangon upang dakilain at malugod na tanggapin ang Makapangyarihang Diyos na mula pa sa simula hanggang sa

magpakailanman ay naghahatid sa atin ng kagandahang-loob, nagpapatupad ng kaligtasan, nagkakaloob sa atin ng mga pagpapala, ginagawang ganap ang Kanyang mga anak, at matagumpay na nakakamtan ang Kanyang kaharian! Ito ang kamanghamanghang gawa ng Diyos! Ito ang walang hanggang itinadhana at pagsasaayos ng Diyos—na Siya Mismo ay dumating upang iligtas tayo, upang gawin tayong ganap, at upang dalhin tayo sa kaluwalhatian.

Lahat ng hindi tumatayo at nagpapatotoo ay ang mga ninuno ng mga bulag at ang mga hari ng kamangmangan. Sila ang magiging mangmang magpakailanman, ang walang-hanggang mga hangal: ang patay magpakailanman na bulag. Para sa kadahilanang ito kaya dapat gumising ang ating mga espiritu! Dapat bumangon ang lahat ng tao! Ipagbunyi, purihin, at dakilain nang walang katapusan ang Hari ng kaluwalhatian, ang Ama ng awa, ang Anak ng pagtubos, ang masaganang pitong Espiritu, ang Makapangyarihang Diyos na nagdadala ng maringal na nagngangalit na apoy at matuwid na paghuhukom, at Siyang lubos na sapat, masagana, makapangyarihan sa lahat, at kumpleto. Dadakilain magpakailanman ang Kanyang trono! Dapat makita ng lahat ng tao na ito ay ang karunungan ng Diyos; ito ang Kanyang kamanghamanghang landas tungo sa kaligtasan, at ang katuparan ng Kanyang maluwalhating kalooban. Kung hindi tayo babangon at nagpapatotoo, kapag ang sandali ay lumipas na, wala nang balikan. Nakasalalay sa kasalukuyang yugtong ito ng ating paglalakbay kung pagpapala o kamalasan man ang ating makakamit, batay sa kung ano ang ating ginagawa, kung ano ang ating iniisip, at kung ano ang isinasabuhay natin ngayon. Paano kayo dapat kumilos? Magpatotoo at dakilain ang Diyos magpakailanman, dakilain ang Makapangyarihang Diyos, Cristo ng mga huling araw—ang walang hanggan, natatangi, at totoong Diyos!

Mula ngayon, dapat mong makita nang malinaw na lahat ng hindi nagpapatotoo para sa Diyos—hindi nagpapatotoo dito sa natatangi at totoong Diyos, gayundin ang mga nagkikimkim ng mga pag-aalinlangan tungkol sa Kanya—silang lahat ay may-sakit at patay at ang mga sumusuway sa Diyos! Napatunayan na ang mga salita ng Diyos mula sa sinaunang mga panahon: Ang hindi natitipon sa Akin ay kakalat, at ang hindi panig sa Akin ay laban sa Akin; ito ay isang di-mababagong katotohanan na iniukit sa bato! Ang mga hindi nagpapatotoo sa Diyos ay mga kampon ni Satanas. Dumating ang ganitong mga tao upang gambalain at linlangin ang mga anak ng Diyos, at upang abalahin ang pamamahala Niya; dapat silang patayin! Naghahanap ng kanilang sariling pagkawasak ang lahat ng nagpapakita sa kanila ng mabubuting hangarin. Dapat mong pakinggan at paniwalaan ang mga binibigkas ng Espiritu ng Diyos, lakarin ang landas ng Espiritu ng Diyos at isabuhay ang mga salita ng Espiritu ng Diyos. Dagdag dito, dapat mong dakilain ang trono ng makapangyarihang Diyos hanggang sa katapusan ng panahon!

Ang Makapangyarihang Diyos ay ang Diyos ng pitong Espiritu! Ang may pitong mata at pitong bituin ay Siya rin; binubuksan Niya ang pitong selyo, at ang buong kasulatan ay iniladlad na Niya! Pinatunog na Niya ang pitong trumpeta, at hawak Niya ang pitong

mangkok at pitong salot, na pakakawalan ayon sa Kanyang kalooban. O, ang pitong kulog na lagi nang nakasara! Dumating na ang panahon upang buksan ang mga ito! Siya na maglalabas sa pitong kulog ay nagpakita na sa ating harapan!

Makapangyarihang Diyos! Sa Iyo, ang lahat ay napalaya at malaya; walang mga hirap, at ang lahat ay dumadaloy nang maayos! Walang nangangahas na humadlang o pumigil sa Iyo, at ang lahat ay nagpapasakop sa Iyo. Sinumang hindi nagpapasakop ay mamamatay!

Makapangyarihang Diyos, ang Diyos na may pitong mata! Lahat ay ganap na malinaw, lahat ay maliwanag at lantad, lahat ay nabunyag at nailatag. Sa Kanya, lahat ay may linaw ng kristal, at hindi lamang ang Diyos Mismo ang ganito, kundi ganito rin ang Kanyang mga anak. Walang isa man, walang bagay, at walang anuman ang maikukubli sa harap Niya at ng Kanyang mga anak!

Ang pitong bituin ng Makapangyarihang Diyos ay maliwanag! Ginawa Niyang perpekto ang iglesia; pinatatatag Niya ang Kanyang mga sugo ng iglesia, at ang buong iglesia ay nakapaloob sa Kanyang pagtutustos. Binubuksan Niya ang lahat ng pitong selyo, at Siya Mismo ang nagdudulot na makumpleto ang Kanyang plano ng pamamahala at ang Kanyang kalooban. Ang kasulatan ay ang mahiwagang wikang espirituwal ng Kanyang pamamahala at Kanya na itong binuksan at ibinunyag!

Dapat marinig ng lahat ng tao ang Kanyang pitong tumataginting na trumpeta. Sa Kanya, lahat ay nahahayag, hindi na kailanman muling ikukubli, at wala nang dalamhati. Lahat ay nahahayag at lahat ay matagumpay!

Bukas, maluwalhati, at matagumpay na mga trumpeta ang pitong trumpeta ng Makapangyarihang Diyos! Ang mga ito rin ang mga trumpeta na humahatol sa Kanyang mga kaaway! Sa gitna ng Kanyang tagumpay, ang Kanyang tambuli ay dinadakila! Kanyang pinaghaharian ang buong sansinukob!

Inihanda na Niya ang pitong mangkok ng mga salot, nakapuntirya sa Kaniyang mga kaaway, at ang mga ito ay pinakakawalan sa isang matinding agos, at ang mga kaaway na iyon ay masusunog sa liyab ng Kanyang nagngangalit na mga apoy. Ipinakikita ng Makapangyarihang Diyos ang kapangyarihan ng Kanyang awtoridad, at nalilipol ang lahat ng Kanyang mga kaaway. Hindi na sasarhan sa harap ng Makapangyarihang Diyos ang pangwakas na pitong kulog; lahat ng iyon ay nabunyag! Lahat ng ito ay nabunyag! Pinapatay Niya ang Kanyang mga kaaway gamit ang pitong kulog, pinatitibay ang mundo at ito ay pinaglilingkod Niya sa Kanya, at hindi na kailanman wawasakin!

Ang matuwid na Makapangyarihang Diyos! Dinadakila Ka namin magpakailanman! Karapat-dapat Ka sa walang katapusang papuri, walang hanggang pagkilala at pagdakila! Hindi lamang gagamitin para sa Iyong paghatol ang Iyong pitong kulog, ngunit higit na gagamitin ito para sa Iyong kaluwalhatian at awtoridad, upang makumpleto ang lahat ng bagay!

Nagdiriwang ang lahat ng tao sa harap ng trono, dinadakila at pinupuri ang Makapangyarihang Diyos, ang Cristo ng mga huling araw! Niyayanig ng kanilang

mga tinig na parang kulog ang buong sansinukob! Walang pasubaling umiiral ang lahat ng bagay dahil sa Kanya, at bumabangon dahil sa Kanya. Sino ang nangangahas na hindi kilalanin na lubos na nagmula sa Kanya ang lahat ng kaluwalhatian, karangalan, awtoridad, karunungan, kabanalan, tagumpay, at mga pahayag? Ito ang katuparan ng Kanyang kalooban, at ito ang huling kaganapan ng pagbubuo ng Kanyang pamamahala!

Kabanata 35

Pitong kulog ang nagmumula sa trono, niyayanig ang sansinukob, pinababagsak ang langit at lupa, at umaalingawngaw sa buong himpapawid! Lubhang tumatagos ang tunog sa tainga, at ang mga tao ay hindi makatatakas ni makapagtatago mula rito. Sumasambulat ang kidlat at kulog, ang langit at lupa ay nababago sa isang iglap, at ang mga tao ay nasa bingit ng kamatayan. Pagkatapos, isang marahas na bagyong maulan ang humahagupit sa buong kalawakan na singbilis ng kidlat, na bumabagsak mula sa himpapawid! Sa pinakamalalayong sulok ng lupa, na kasing lubusan ng isang pagbuhos, walang naiwan kahit na isang mantsa habang hinuhugasan nito ang lahat mula ulo hanggang paa, walang anumang maitatago mula rito ni hindi matatabingan ang sinumang tao mula rito. Ang mga dagundong ng kulog, gaya ng mga kislap ng kidlat, ay kumikislap nang may matinding liwanag at pinanginginig ang mga tao sa takot! Ang matalas na tabak na may dalawang talim ay pinababagsak ang mga anak ng pagsuway, at nahaharap ang kaaway sa sakuna nang walang masisilungan; nahihilo sila sa karahasan ng hangin at ulan, at, sumusuray mula sa hagupit, sila'y kaagad na bumabagsak na patay sa umaagos na mga tubig at inaanod palayo. Kamatayan lamang ang naroon at wala silang anumang pag-asang mabuhay. Ang pitong kulog ay nagmumula sa Akin at ipinararating nila ang Aking hangarin, na pabagsakin ang pinakamatatandang anak ng Ehipto, upang parusahan ang masama at linisin ang Aking mga iglesia, upang ang lahat ay maugnay sa isa't isa, kumilos nang totoo sa kanilang sarili, at maging kaisang-puso Ko, at upang ang lahat ng iglesia sa buong sansinukob ay maitayo bilang isa. Ito ang Aking layunin.

Ang kulog ay dumadagundong, at ang mga tunog ng pagtangis ay sumusunod dito. Ang ilan ay nagigising mula sa kanilang pagkakatulog, at, matinding nahihintakutan, malalim nilang sinasaliksik ang kanilang mga kaluluwa at dali-daling bumabalik sa harap ng trono. Tumitigil sila sa palasak na panlilinlang at mga mapangahas na gawain, hindi pa gaanong huli para sa gayong mga tao na magising. Nagmamasid Ako mula sa trono. Tinitingnan Ko ang kaibuturan ng mga puso ng mga tao. Inililigtas Ko ang mga masigasig at marubdob na nagnanasa sa Akin, at kinaaawaan Ko sila. Aking ililigtas tungo sa kawalang-hanggan ang mga nagmamahal sa Akin sa kanilang mga puso nang higit kaysa lahat ng iba pa, ang mga nakakaunawa sa Aking kalooban at sumusunod sa Akin

hanggang sa katapusan ng daan. Hahawakan silang ligtas ng Aking kamay, upang hindi nila harapin ang tagpong ito at hindi sila mapunta sa kapahamakan. Ang ilan ay may paghihirap sa kanilang mga puso na hindi nila maibubulalas kapag nakikita nila ang tanawing ito ng gumuguhit na kidlat, at sukdulan ang kanilang panghihinayang. Kung magpipilit silang kumilos nang ganito, lubhang huli na para sa kanila. O, ang lahat at ang bawat bagay! Lahat ng ito ay mangyayari. Ito rin ay isa sa Aking mga paraan ng pagliligtas. Inililigtas Ko ang mga nagmamahal sa Akin at pinababagsak ang masama, ginagawa Kong matibay at matatag ang Aking kaharian sa lupa, at ipinaaalam sa lahat ng mga bansa at mga bayan, sa lahat sa sansinukob at sa mga hangganan ng lupa, na Ako ay kamahalan, Ako ay nagngangalit na apoy, Ako ay Diyos na nagsasaliksik sa kaloob-loobang puso ng bawat tao. Mula sa sandaling ito, ang paghatol ng malaking puting trono ay hayagang ibinubunyag sa masa, at sa lahat ng tao, ipamamalita na ang paghatol ay nagsimula na! Walang alinlangan na lahat ng nagsasalita nang hindi taos-puso, lahat ng nag-aalinlangan at hindi nangangahas na maging tiyak, lahat ng nagsasayang ng panahon na nakakaunawa sa Aking mga inaasam ngunit hindi handang isagawa ang mga iyon—silang lahat ay dapat mahatulan. Dapat ninyong maingat na siyasatin ang inyong sariling mga intensiyon at mga motibo, at lumagay sa inyong dapat kalagyan; isagawa nang lubusan ang Aking mga sinasabi, bigyang-halaga ang inyong mga karanasan sa buhay, at huwag kumilos nang masigasig sa panlabas lamang, kundi ang inyong mga buhay ay gawing malago, may kahustuhan, matatag, at may karanasan—sa ganitong paraan lamang kayo magiging kaayon ng Aking puso.

Itatwa sa mga alagad ni Satanas at sa masasamang espiritu na gumagambala at sumisira doon sa Aking mga itinatayo ang anumang pagkakataon para samantalain ang mga bagay-bagay para sa kanilang kalamangan. Dapat silang higpitan nang mabuti at mapigilan; mahaharap lamang sila sa pamamagitan ng paggamit ng matalas na espada. Ang mga pinakamasasama ay dapat na mabunot kaagad upang mapigilan ang mga kaguluhan sa hinaharap. At ang iglesia ay magawang perpekto, malaya sa anumang kapansanan, at ito ay magiging malusog, puno ng sigla at lakas. Kasunod ng gumuguhit na kidlat, dumadagundong ang mga kulog. Hindi kayo dapat magpabaya, at hindi kayo dapat sumuko, kundi gawin ang lahat ng inyong makakaya para makahabol, at tiyak na inyong makikita kung ano ang ginagawa ng Aking kamay, kung ano ang sinasadya Kong makamit, kung ano ang Aking itatapon, kung ano ang Aking pineperpekto, kung ano ang Aking binubunot, kung ano ang Aking pinababagsak. Ang lahat ng ito ay magaganap sa harap ng inyong mga paningin upang inyong makita nang malinaw ang Aking pagiging makapangyarihan sa lahat.

Mula sa trono hanggang sa sansinukob at sa mga kadulu-duluhan ng lupa, ang pitong kulog ay umaalingawngaw. Ang isang malaking pangkat ng mga tao ay maliligtas at magpapasakop sa harap ng Aking trono. Sumusunod sa liwanag ng buhay na ito, naghahanap ang mga tao ng paraan upang mabuhay at hindi nila maiwasang lumapit sa Akin, upang lumuhod sa pagsamba, at gamit ang kanilang mga bibig ay tumawag sa

pangalan ng totoong Diyos na makapangyarihan sa lahat, at isatinig ang kanilang mga pagsamo. Ngunit sila na tumututol sa Akin, sila na pinatitigas ang kanilang mga puso, ang kulog ay umaalingawngaw sa kanilang mga tainga, at walang dudang sila ay dapat mapahamak. Ito lamang ang huling kalalabasan para sa kanila. Ang Aking minamahal na mga anak na matagumpay ay mananatili sa Sion, at makikita ng lahat ng tao kung ano ang kanilang makakamit, at malaking kaluwalhatian ang magpapakita sa harap ninyo. Ito ay isa talagang malaking pagpapala at katamisan na mahirap masabi.

Ang lagapak ng pitong kulog na lumalabas ay kaligtasan nilang mga nagmamahal sa Akin, nilang nagnanasa sa Akin nang may tapat na mga puso. Silang nabibilang sa Akin at silang Aking itinalaga na at hinirang ay makakayang lahat na sumailalim sa Aking pangalan. Maririnig nila ang Aking tinig, na siyang pagtawag ng Diyos sa kanila. Ipakita sa mga nasa kadulu-duluhan ng lupa na Ako ay matuwid, Ako ay tapat, Ako ay mapagmahal na kabaitan, Ako ay kahabagan, Ako ay kamahalan, Ako ay nagngangalit na apoy, at, sa kahuli-hulihan, Ako ay walang-awang paghatol.

Ipakita sa lahat na nasa mundo na Ako ang tunay at ganap na Diyos Mismo. Lahat ng tao ay ganap na napapaniwala at walang sinumang nangangahas na muling lumaban sa Akin, ni hatulan Ako o siraan Akong muli. Kung hindi, sila ay agad na dadatnan ng mga sumpa at sasapit sa kanila ang sakuna. Makakatangis lamang sila at mapagngangalit ang kanilang mga ngipin, dahil idinulot nila ang kanilang sariling pagkawasak.

Ipaalam sa lahat ng tao, ipaalam ito sa buong sansinukob at sa mga dulo ng lupa, sa bawat sambahayan at lahat ng tao: Ang Makapangyarihang Diyos ang nag-iisang tunay na Diyos. Lahat ay isa-isang luluhod para sumamba sa Akin, at kahit ang mga batang katututo pa lamang magsalita ay sisigaw ng “Makapangyarihang Diyos”! Makikita ng mga nanunungkulang nagtataglay ng kapangyarihan gamit ang kanilang sariling mga mata ang tunay na Diyos na nagpapakita sa harapan nila, at sila rin ay magpapatirapa sa pagsamba, na nagsusumamo para sa habag at kapatawaran, ngunit ito ay totoong huli na, dahil ang sandali ng kanilang pagpanaw ay nakarating na. Dapat na lamang silang tapusin at hatulan na mapunta sa walang-hanggang hukay. Dadalhin Ko ang buong kapanahunan sa katapusan, at lalo pang palalakasin ang Aking kaharian. Lahat ng bansa at mga bayan ay magpapasakop sa Aking harapan magpasawalang-hanggan!

Kabanata 36

Ang Makapangyarihang tunay na Diyos, ang Haring nakaluklok sa trono, ang namumuno sa buong sansinukob, humaharap sa lahat ng bansa at lahat ng lahi, at lahat ng nasa silong ng langit ay sumisikat nang may kaluwalhatian ng Diyos. Makikita iyon ng lahat ng may buhay sa sansinukob at hanggang sa mga kadulu-duluhan ng lupa. Ang mga bundok, ang mga ilog, ang mga lawa, ang mga lupain, ang mga karagatan at lahat ng nabubuhay na nilalang ay nagbukas na ng kanilang mga pantabing sa liwanag ng

mukha ng tunay na Diyos, at sila'y muling nabuhay, na parang gumigising mula sa isang panaginip, na parang sila'y mga usbong na sumisibol sa lupa!

Ah! Ang nag-iisang tunay na Diyos ay nagpapakita sa harap ng sanlibutan. Sinong mangangahas na lumapit sa Kanya nang may pagtutol? Ang lahat ay nanginginig sa takot. Ang lahat ay lubusang naniniwala, at ang lahat ay paulit-ulit na humihingi ng kapatawaran. Ang lahat ng tao'y lumuluhod sa harap Niya, at ang lahat ng bibig ay sumasamba sa Kanya! Ang mga kontinente at mga karagatan, ang mga bundok, ang mga ilog—lahat ng bagay ay nagpupuri sa Kanya nang walang katapusan! Dumarating ang tagsibol kasama ang maiinit na simoy ng hangin, na nagdadala ng pinong ulan ng tagsibol. Tulad ng lahat ng tao, ang agos ng mga batis ay dumadaloy nang may dalamhati at galak, lumuluha dahil sa utang na loob at paninisi sa sarili. Ang mga ilog, ang mga lawa, ang mga alon at mga daluhong, lahat ay umaawit, pinupuri ang banal na pangalan ng tunay na Diyos! Ang tunog ng papuri ay umaalingawngaw nang napakalinaw! Ang mga dating bagay na minsang ginawang tiwali ni Satanas—bawat isa ay muling gagawing bago at iibahin at papasok sa isang bagung-bagong kaharian ...

Ito ang banal na trumpeta, at nagsimula na itong tumunog! Pakinggan mo ito. Yaong tunog na napakatamis ay ang pagbigkas ng trono, na ibinabalita sa bawat bansa at bayan na sumapit na ang panahon, na sumapit na ang kawakasan ng lahat. Tapos na ang Aking plano ng pamamahala. Ang Aking kaharian ay lantaran nang nagpakita sa lupa. Ang mga kaharian sa mundo ay naging Aking kaharian, Ako na siyang Diyos. Ang Aking pitong trumpeta ay tumutunog mula sa trono, at anong mga kababalaghan ang magaganap! Ang mga tao mula sa mga wakas ng lupa ay magmamadaling magsama-sama mula sa bawat direksyon nang may lakas ng isang daluyong at kapangyarihan ng mga kidlat at kulog, ang ilan ay maglalayag sa karagatan, ang ilan ay mag-eeroplano, ang ilan ay lulan ng mga sasakyan na may iba't ibang hugis at laki, ang ilan ay nakakabayo. Tingnan mong mabuti. Makinig kang maigi. Itong mga nakasakay sa mga kabayong may iba't ibang kulay, may masisiglang espiritu, makapangyarihan at maringal, na tila sumusuong sa larangan ng digmaan, ay walang-pakundangan sa kamatayan. Sa gitna ng mga kabayong humahalinghing at mga taong nagsisigawan para sa tunay na Diyos, napakaraming lalaki, babae, at bata ang matatapakan ng mga paa ng mga kabayo sa isang saglit. Ang ilan ay mamamatay, ang ilan ay maghihingalo, ang ilan ay maluluray-luray, na walang sinumang mag-aasikaso sa kanila, sumisigaw nang nagkukumahog, pumapalahaw sa sakit. Mga anak ng paghihimagsik! Hindi ba't ito ang inyong huling kalalabasan?

Tinitingnan Ko nang may galak ang Aking bayan, na nakikinig sa Aking tinig at nagtitipon mula sa bawat bansa at lupain. Lahat ng tao, na laging pinananatili ang tunay na Diyos sa kanilang mga bibig, ay nagpupuri at lumulukso sa tuwa nang walang katapusan! Nagpapatotoo sila sa sanlibutan, at ang tunog ng kanilang patotoo sa tunay na Diyos ay gaya ng dumadagundong na tunog ng maraming katubigan. Lahat ng tao ay magsisiksikan sa Aking kaharian.

Tumutunog ang Aking pitong trumpeta, na gumigising sa mga natutulog! Bumangon ka agad, hindi pa huli ang lahat. Tingnan mo ang iyong buhay! Buksan mo ang iyong mga mata at tingnan kung anong oras na ngayon. Ano pa ang dapat hanapin? Ano pa ang dapat pag-isipan? At ano pa ang pumipigil? Hindi mo ba kailanman naisaalang-alang ang kaibahan ng halaga ng pagkakamit ng Aking buhay at pagkakamit ng lahat ng bagay na minamahal at kinakapitan mo? Tigilan mo na ang katigasan ng ulo at paglalaro. Huwag mong palampasin ang pagkakataong ito. Ang sandaling ito ay hindi na muling darating! Agad kang tumayo, sanayin mo ang pagpapagana sa iyong espiritu, gumamit ka ng sari-saring kasangkapan para mahalata at mahadlangan ang bawat pakana at panlilinlang ni Satanas, at magtagumpay ka laban kay Satanas, upang mas lumalim ang iyong karanasan sa buhay at maisabuhay mo ang Aking disposisyon, upang gumulang at magkaroon ng maraming karanasan ang iyong buhay, at palagi kang makasunod sa Aking mga yapak. Hindi pinanghihinaan ng loob, hindi mahina, laging sumusulong, paisa-isang hakbang, tuluy-tuloy hanggang sa dulo ng daan!

Kapag tumunog muli ang pitong trumpeta, ito ang magiging panawagan para sa paghatol, paghatol sa mga anak ng paghihimagsik, paghatol sa lahat ng bansa at lahat ng lahi, at bawat bansa ay susuko sa harap ng Diyos. Ang maluwalhating mukha ng Diyos ay tiyak na magpapakita sa harap ng lahat ng bansa at lahat ng lahi. Bawat isa'y lubos na mapapaniwala, at sisigaw sa tunay na Diyos nang walang katapusan. Ang makapangyarihang Diyos ay lalo pang magiging maluwalhati, at Ako at ang Aking mga anak ay magsasalo sa kaluwalhatian at magsasalo sa paghahari, hinahatulan ang lahat ng bansa at lahat ng lahi, pinarurusahan ang masama, inililigtas at kinahahabagan ang mga taong nabibilang sa Akin, at ginagawang matibay at matatag ang kaharian. Sa pamamagitan ng tunog ng pitong trumpeta, napakaraming tao ang maliligtas, na babalik sa harap Ko upang lumuhod at sumamba na may patuloy na pagpupuri!

Kapag muli pang tumunog ang pitong trumpeta, ito ang magiging pagtatapos ng kapanahunan, ang pagtunog ng trumpeta ng tagumpay laban sa diyablong si Satanas, ang pagpupugay na nagbabalita ng pagsisimula ng hayagang pamumuhay sa kaharian sa lupa! Sadyang napakatayog na tunog, itong tunog na umaalingawngaw sa palibot ng trono, itong pagtunog ng trumpetang yumayanig sa langit at lupa, na siyang tanda ng tagumpay ng Aking plano ng pamamahala, na siyang paghatol kay Satanas; hinahatulan nito ang matandang mundong ito ng ganap na kamatayan, na bumalik sa walang-hanggang kalaliman! Ang pagtunog na ito ng trumpeta ay nagbabadya na magsasara na ang tarangkahan ng biyaya, na ang buhay ng kaharian ay magsisimula na sa lupa, na tama at marapat. Inililigtas ng Diyos yaong mga nagmamahal sa Kanya. Sa sandaling bumalik sila sa Kanyang kaharian, ang mga tao sa lupa ay haharap sa taggutom at salot, at ang pitong mangkok at pitong salot ng Diyos ay magaganap nang sunud-sunod. Ang langit at lupa ay lilipas, ngunit hindi lilipas ang Aking salita!

Kabanata 37

Tunay na kulang ang inyong pananampalataya sa Aking presensya at malimit kayong umaasa sa sarili ninyo para kumilos. “Wala kayong magagawang anuman kung wala Ako!” Ngunit kayong mga tiwaling tao ay palaging pinapapasok ang Aking mga salita sa isang tainga at pinalalabas sa kabila. Ang buhay sa kasalukuyan ay isang buhay ng mga salita; kung walang mga salita, walang buhay at walang karanasan, at lalo nang walang pananampalataya. Ang pananampalataya ay nasa mga salita; sa pamamagitan lamang ng higit na paglalagak ng inyong mga sarili sa mga salita ng Diyos na kayo ay magkakaroon ng lahat ng bagay. Huwag kayong mag-alala na hindi kayo lalago: Ang buhay ay lumalago, at hindi sa pamamagitan ng pag-aalala ng mga tao.

Lagi kayong may posibilidad na mabahala, at hindi kayo nakikinig sa Aking mga tagubilin. Laging ninyong gustong higitan ang Aking bilis. Ano ba ito? Ito ay ambisyon ng mga tao. Dapat na malinaw ninyong makilala kung ano ang nagbubuhay sa Diyos at ano ang nagbubuhay sa inyong mga sarili. Ang sigasig ay hindi kailanman mapupuri sa Aking presensya. Nais Kong makasunod kayo sa Akin hanggang sa dulo, nang may dinagbabagong katapatan mula simula. Naniniwala kayong ang kumilos nang ganito ay debosyon sa Diyos. Mga bulag na tao! Bakit hindi kayo mas madalas na lumapit sa harapan Ko upang maghanap, kundi ay nangangapa nang mag-isa? Dapat ninyong makita nang malinaw! Tiyak na hindi isang tao ang gumagawa ngayon, kundi ang Kataas-taasan sa lahat, ang nag-iisang tunay na Diyos—ang Makapangyarihan sa lahat! Hindi kayo dapat magpabaya, sa halip ay laging panghawakan ang lahat ng mayroon kayo, sapagkat ang Aking araw ay malapit na. Talaga bang hindi pa rin kayo gigising sa sandaling ito? Hindi pa rin ba ninyo nakikita nang malinaw? Nakikisama pa rin kayo sa sanlibutan; hindi kayo makahiwalay rito. Bakit? Tunay bang mahal ninyo Ako? Kaya ba ninyong buksan ang inyong mga puso upang makita Ko? Kaya ba ninyong ialay sa Akin ang inyong buong pagkatao?

Pag-isipan pang lalo ang Aking mga salita, at laging magkaroon ng malinaw na pagkaunawa sa mga iyon. Huwag maguluhan o manamlay. Gumugol ng higit pang panahon sa Aking presensya, tanggapin ang mas marami Ko pang dalisay na mga salita, at huwag magkamali ng pagkaunawa sa Aking mga layunin. Ano pa bang maaari Kong sabihin sa inyo? Matigas ang puso ng mga tao; masyadong kargado ng maraming kuru-kuro ang mga tao. Lagi nilang iniisip na sapat na ang makaraos lamang, at lagi nilang ginagawang isang biro ang kanilang mga buhay. Mga hangal na bata! Madaling-araw na, hindi ito panahon para maghanap ng mapaglilibangan. Dapat ninyong buksan ang inyong mga mata at tingnan kung anong oras na. Ang araw ay malapit nang tawirin ang abot-tanaw at tanglawan ang mundo. Buksang mabuti ang inyong mga mata at tumingin; huwag maging pabaya.

Malaking bagay ito, ngunit minamaliit ninyo ito sa ganyang paraan at tinatrato ito sa ganyang paraan! Nababahala Ako, ngunit mayroong ilan na nagsasaalang-alang sa

Aking puso, na kayang marinig ang mabubuti Kong pangaral at makinig sa Aking payo! Ang misyon ay nakapapagod, ngunit may ilan sa inyo na kayang makibahagi sa pasanin para sa Akin. Mayroon pa rin kayong ganitong pag-uugali. Kahit nagkaroon na kayo ng kaunting pag-unlad kumpara sa dati, hindi kayo maaaring manatili lagi sa ganitong yugto! Ang Aking mga hakbang ay mabilis na kumikilos pasulong, ngunit nananatili sa dati ang inyong bilis. Paano kayo makasasabay sa liwanag ng kasalukuyan at sa Aking mga hakbang? Huwag nang mag-alinlangan pa. Binigyang-diin Ko na sa inyo nang paulit-ulit: ang Aking araw ay hindi na maaantala pa!

Ang liwanag ng kasalukuyan, na pagmamay-ari ng kasalukuyan, gaya ng dapat, ay hindi maihahambing sa liwanag ng kahapon, ni maihahambing sa liwanag ng bukas. Sa bawat araw na lumilipas, lalong lumalakas at nagniningning ang mga bagong pahayag at bagong liwanag. Huwag nang matulala; huwag nang maging hangal; huwag nang kumapit sa mga dating gawi; at huwag nang mag-antala o sayangin ang Aking oras.

Maging mapagbantay! Maging mapagbantay! Lalo pang manalangin sa Akin at gumugol ng higit pang panahon sa Aking presensya, at tiyak na makukuha ninyo ang lahat ng bagay! Maniwala na sa paggawa nito ay tiyak na matatamo ninyo ang lahat ng bagay!

Kabanata 38

Hindi sa mabuti o dalisay ang inyong pananampalataya, kundi, kagila-gilalas ang Aking gawain! Ang lahat ay dahil sa Aking habag! Hindi ka dapat magkaroon ng munti mang tiwaling disposisyon ng pagkamakasarili o pagmamataas, kung hindi ay hindi Ako gagawa sa iyo. Kailangan mong maunawaan nang malinaw na kung bumagsak man o tumayo nang matatag ang mga tao ay hindi dahil sa kanila; ito ay dahil sa Akin. Ngayon, kung hindi mo nauunawaan nang malinaw ang hakbang na ito, tiyak na mabibigo kang makapasok sa kaharian! Kailangan mong maunawaan na ang ginagawa ngayon ay ang kagila-gilalas na gawain ng Diyos; wala itong kinalaman sa tao. Ano ba ang halaga ng mga pagkilos ng tao? Kapag hindi sila nagiging makasarili, mapagmataas, at puno ng kapalaluan, ginagambala nila ang pamamahala ng Diyos at sinisira ang Kanyang mga plano. O, ang mga tiwali! Kailangan mong magawang umasa sa Akin ngayon; kung hindi, sasabihin Ko sa iyo ngayon na wala kang anumang makakamit kailanman! Ang lahat ay mauuwi sa wala at ang iyong mga ginagawa ay mawawalan ng halaga!

Huwag kang magbagal o mag-alinlangan; ngayon, isasakatuparan ang Aking kagila-gilalas na gawain sa bawat isa sa mga umiibig sa Akin. Wala Akong paggagamitan sa mga hindi nagpapakumbaba ng kanilang sarili, at ngayon Akin lamang ginagamit ang mga lubusang nagpakumbaba. Ako ay magiging lubusang bukas sa mga nasasainyo lamang na umiibig sa Akin nang may tapat na puso, na minamaliit ng iba, at na kayang buksan nang lubusan ang kanilang mga sarili sa Akin. Hahayaan Kitang maunawaan

ang Aking mga layunin at sa lahat ng sandali ay nasa Aking harapan ka na tumatanggap ng Aking mga pagpapala. Hinding-hindi Ko tatratuhin nang masama ang mga gumugugol ng kanilang sarili para sa Akin ngayon, iniaalay ang kanilang mga sarili sa Akin ngayon, at bumabalikat ng mga pasanin para sa Akin ngayon—sa gayon nabubunyag ang Aking pagiging matuwid. Huwag kayong magreklamo tungkol sa Akin; ang Aking biyaya ay sapat para sa inyo. Kung ganoon, lumapit ka na lang at kunin ito nang matikman mo ang walang-kapantay na katamisan. Hindi lamang ito lilikha ng pag-ibig para sa Akin sa loob mo, kundi palalalimin pa nito ang pag-ibig mong iyon.

Ang Aking gawain ay isinasakatuparan nang paisa-isang hakbang, at hinding-hindi ito walang ingat o nalilito. Upang masundan Ako, kailangan din ninyong gawin nang ganito ang mga bagay-bagay. Tingnan ninyo ang Aking kilos at matuto sa Akin; sa ganitong paraan, kung susundan ninyo ang Aking mga yapak, dadalhin kayo sa pagpapamalas ng kaharian. Magsaya kayo nang may iisang tinig! Aking mga anak! Ang gawain ng Diyos ay isasakatuparan sa inyo, sa pangkat na ito ng mga tao. Hindi ba ninyo nararamdaman na pinagpala kayo?

Ito ay tunay ngang mahirap arukin! Dinala Ko na kayo rito ngayon upang maaari ninyong makita ang Aking kagila-gilalas na gawain!

Kabanata 39

Buksan ninyo ang inyong mga mata at tumingin, at makikita ninyo ang dakila Kong kapangyarihan sa lahat ng dako! Makatitiyak kayo sa Akin sa lahat ng dako. Pinalalaganap ng sansinukob at ng papawirin ang Aking dakilang kapangyarihan. Nagkatotoo nang lahat ang mga salitang sinabi Ko sa pag-init ng panahon, sa pagbabago ng klima, sa mga abnormalidad sa loob ng mga tao, sa kaguluhan sa galaw ng lipunan, at sa panlilinlang na nasa puso ng mga tao. Pumuputi ang araw at pumupula ang buwan; wala sa balanse ang lahat. Hindi pa rin ba talaga ninyo nakikita ang mga bagay ito?

Dito ibinubunyag ang dakilang kapangyarihan ng Diyos. Walang dudang Siya ang nag-iisang tunay na Diyos—ang Makapangyarihan sa lahat—na maraming taon nang hinahangad na matamo ng mga tao! Sino ang kayang pangyarihin ang mga bagay-bagay sa pamamagitan lamang ng pagbigkas ng mga salita? Tanging ang ating Makapangyarihang Diyos. Kaagad lumilitaw ang katotohanan sa sandaling magsalita Siya. Paano ninyo hindi masasabing Siya ang totoong Diyos?

Alam Kong sa kaibuturan ninyo ay handa kayong lahat na makipagtulungan sa Akin, at naniniwala Akong ang Aking mga hinirang, ang Aking mga minamahal na kapatid, ay lahat mayroon ng ganitong uri ng hangarin, pero hindi lamang makapasok o talagang makapagsagawa, at hindi makapanatiling mahinahon at panatag kapag nahaharap sa pangyayari ng mga realidad. Hindi kayo kailanman nagbibigay ng anumang pansin sa mga layunin ng Diyos, at inuuna ninyo ang sarili ninyong personal na mga kapakanan

at kumikilos kayo mag-isa nang hindi naghihintay. Hayaan ninyong sabihin Ko sa inyo, ang ganitong paraan ay hindi kailanman mabibigyang kasiyahan ang Aking mga layunin! Anak! Ibigay mo lang sa Akin nang ganap ang puso mo. Malinawan ka! Hindi Ko nais ang pera mo ni ang mga pag-aari mo, ni na masigasig, mapanlinlang o makitid ang isip kang lumapit sa harapan Ko para maglingkod. Manahimik at maging dalisay ang puso, maghintay at maghanap tuwing dumarating ang mga suliranin, at bibigyan kita ng kasagutan. Huwag magduda! Bakit hindi kayo kailanman naniniwala na totoo ang mga salita Ko? Bakit hindi kayo makapaniwala sa Aking mga salita? Sukdulan ang katigasan ng inyong ulo, at ganito pa rin kayo maging sa ganitong panahon; napakaignorante ninyo at sadyang walang kaliwanagan ni bahagya! Gaano karami sa napakahalagang katotohanan ang natatandaan ninyo? Talaga bang naranasan na ninyo ito? Naguguluhan kayo at kumikilos nang padalus-dalos at dali-dali kapag nakakaharap ng mga problema! Ang pumasok kayo sa espiritu at mas makisalamuha sa Akin ang pangunahing bagay ngayon, sa parehong paraan na madalas na nagninilay ng mga tanong ang sarili ninyong puso. Nauunawaan ba ninyo? Ito ay mahalaga! Talagang isang problema ang naantalang pagsasagawa. Magmadali at huwag magpaliban! Ang mga taong naririnig ang Aking mga salita at hindi nagpapaliban kundi kaagad na isinasagawa ang mga ito ay labis na pagpapalain! Gagawaran Ko kayo nang dalawang ulit! Huwag mag-alala! Kumilos ayon sa sinasabi Ko, na walang pagkabalang kahit isang segundo! Madalas na ganito ang inyong mga pantaong kuru-kuro, at mahilig kayong magpaliban ng mga bagay-bagay, palaging ipinagpapabukas ang dapat gawin ngayon. Masyadong tamad at padaskul-daskol. Hindi ito mailalarawan ng mga salita! Hindi Ko ito pinapalabis—ito ay katunayan. Kung hindi mo ito pinaniniwalaan, maingat mong suriin ang iyong sarili at tingnan mo ang iyong kalagayan, at matutuklasan mong talagang ganito nga!

Kabanata 40

Bakit napakahina ng utak ninyo? Bakit napakamanhid ninyo? Hindi pa kayo nagising ng ilan nang paalala, at ito ay lubhang nakakabagabag sa Akin. Tunay na hindi Ko matiis na makita ang Aking mga anak na ganito. Paano ito mababata ng Aking puso? Al Kailangan Ko kayong turuan sa pamamagitan ng Aking sariling kamay. Ang Aking paglakad ay patuloy na bumibilis. Aking mga anak! Magmadali kayong bumangon at makipagtulungan sa Akin. Sinong taos na gumugugol ng kanilang mga sarili para sa Akin sa kasalukuyan? Sinong may kakayahang lubos na ihandog ang kanilang mga sarili nang wala ni katiting na pagrereklamo? Kayo ay laging masyadong manhid at mapurol ang isip! Ilan ang may kakayahang magsaalang-alang sa Aking damdamin, at sinong tunay na makauunawa sa Espiritu ng Aking mga salita? Ang tanging magagawa Ko ay ang sabik na maghintay at umasa; dahil nakikita Kong ang inyong bawat pagkilos ay hindi makapagbibigay-kasiyahan sa Aking puso, ano ang Aking masasabi? Aking mga

anak! Ang lahat ng ginagawa ngayon ng inyong Ama ay para sa Kanyang mga anak. Bakit hindi maunawaan kahit kailan ng Aking mga anak ang Aking puso, at bakit ang Aking mga anak ay palaging pinag-aalala Ako, ang inyong Ama? Kailan lalago ang Aking mga anak, hindi Ako bibigyan ng alalahanin, at hahayaan Ako na hindi mabahala sa kanila? Kailan magagawa ng Aking mga anak na makapamuhay nang nagsasarili, makatayo, at mapagaan ang mga pasanin sa balikat ng kanilang Ama? Tahimik na lamang Akong lumuluha para sa Aking mga anak, at Aking ibinubuhos ang lahat para sa kaganapan ng plano ng pamamahala ng Diyos at upang iligtas ang Aking mga anak, ang Aking mga minamahal. Wala na Akong ibang pagpipilian pa.

Naganap na ang Aking mga pangako at namamalas na sa harap ninyo. Bakit hindi ninyo magawang isaalang-alang ang Aking puso? Bakit? Bakit? Magpahanggang ngayon, binilang mo na ba: Ilang bagay ang iyong ginawa na nagbigay-kasiyahan sa Aking puso, at ilang bagay ang iyong ginawa na nagpalusog at nagpakain sa iglesia? Maingat mo itong bulay-bulayin; huwag maging pabaya. Huwag mong bitawan ni isang butil ng katotohanan. Hindi ka puwedeng magtuon lamang sa panlabas na anyo at ipagwalang-bahala ang diwa. Sa lahat ng oras, dapat mong suriin kung ang bawat salita at kilos mo at ang bawat galaw mo ay dumaan sa paghatol sa harap ng luklukan ni Cristo, at kung ikaw ay nagbago na tungo sa larawan ng isang bagong tao—hindi sa panggagaya, kundi mula sa kaibuturan gamit ang pagpapahayag ng buhay. Huwag antalahin ang iyong buhay upang maiwasan ang pagdanas ng mga kawalan. Magmadaling lunasan ang sitwasyong ito, bigyang-kasiyahan ang Aking puso, at isaisip ang mga prinsipyo ng pag-asal: Gawin ang mga bagay-bagay nang may pagiging matuwid at pagiging tama, at bigyang-kasiyahan ang Aking puso. Huwag kang maging walang ingat. Kaya mo ba itong tandaan?

Kabanata 41

Tungkol sa mga problemang lumilitaw sa iglesia, huwag kayong mapuno ng pangamba. Kapag itinatayo ang iglesia, imposibleng maiwasan ang mga pagkakamali, nguni't huwag kayong mataranta kapag nahaharap kayo sa mga problema; sa halip, maging kalmado at palagay ang loob. Hindi ba sinabi Ko na sa inyo? Madalas kang lumapit sa Aking harapan at manalangin, at malinaw Kong ipakikita sa iyo ang Aking mga hangarin. Ang iglesia ang Aking puso at ito ang Aking sukdulang layunin, kaya paanong hindi Ko ito mamahalin? Huwag kang matakot—kapag nangyayari ang mga ganitong bagay sa iglesia, nangyayari ang mga ito nang may pahintulot Ko. Tumayo ka at magsalita para sa Akin. Manampalataya na ang lahat ng bagay at usapin ay pinahihintulutan ng Aking trono at nagtataglay ng Aking mga hangarin sa loob ng mga ito. Kung magpapatuloy kayong magbahagi nang walang ingat, magkakaroon ng mga problema. Naisip mo na ba ang mga kahirinatnan? Ito ang uri ng bagay na

sasamantalahin ni Satanas. Madalas kang lumapit sa Aking harapan. Magsasalita Ako nang malinaw: Kung gagawa ka ng isang bagay nang hindi lumalapit sa Aking harapan, huwag mong isipin na matatapos mo iyon. Napilitan Akong lumagay sa katayuang ito dahil sa inyo.

Huwag kang masiraan ng loob, huwag manghina, at gagawin Kong malinaw ang mga bagay-bagay para sa iyo. Ang daan tungo sa kaharian ay hindi masyadong patag; walang ganyan kasimple! Nais ninyo na madaling magkamit ng mga pagpapala, hindi ba? Ngayon, ang bawat tao ay magkakaroon ng mapapait na pagsubok na haharapin. Kung wala ang mga ganitong pagsubok, ang mapagmahal na pusong taglay ninyo para sa Akin ay hindi titibay at hindi kayo magkakaroon ng tunay na pag-ibig para sa Akin. Kahit na binubuo lamang ang mga pagsubok na ito ng maliliit na bagay, dapat dumaan ang lahat ng tao sa mga iyon; magkakaiba lamang ang antas ng kahirapan ng mga pagsubok sa bawat tao. Ang mga pagsubok ay pagpapala mula sa Akin, at ilan sa inyo ang malimit na lumalapit sa Aking harapan at nakaluhod na nagmamakaawa para sa Aking mga pagpapala? Mga hangal na bata! Lagi ninyong iniisip na ang ilang mapapalad na salita ay maibibilang na Aking pagpapala, gayunman ay hindi ninyo kinikilala ang kapaitan bilang isa sa Aking mga pagpapala. Ang mga nakikibahagi sa Aking kapaitan ay tiyak na makikibahagi sa Aking katamisan. Iyan ang Aking pangako at Aking pagpapala sa inyo. Huwag kayong mag-atubiling kumain at uminom at tamasahin ang Aking mga salita. Kapag dumaraan ang kadiliman, naiipon ang liwanag. Pinakamadilim bago magbukang-liwayway; pagkatapos nito ay unti-unting nagliliwanag ang kalangitan, at sumisikat ang araw. Huwag kayong matakot o mahiya. Ngayon, Aking inaalalayan ang Aking mga anak at ginagamit ang Aking kapangyarihan para sa kanila.

Pagdating sa pagpapatakbo ng iglesia, huwag ninyong laging iwasan ang inyong responsibilidad. Kung maingat ninyong dadalhin ang usapin sa harap Ko, makakahanap kayo ng paraan. Kapag nangyayari ang isang maliit na problema gaya nito, natatakot at natataranta ba kayo, na hindi malaman ang gagawin? Akin nang sinabi nang maraming ulit, “Madalas kayong lumapit sa Akin!” Maingat na ba ninyong naisagawa ang mga hinihingi Kong gawin ninyo? Ilang ulit na ba ninyong napagnilayan ang Aking mga salita? Kung hindi pa ninyo nagagawa, wala kayong anumang malinaw na pagkaunawa. Hindi ba ninyo kagagawan iyan? Sinisisi ninyo ang iba, pero bakit hindi ninyo sa halip kamuhian ang inyong mga sarili? Ginugulo ninyo ang mga bagay-bagay at pagkatapos ay nananatiling walang-ingat at mapagwalang-bahala; dapat ninyong pakinggang mabuti ang Aking mga salita.

Ang masunurin at ang mapagpasakop ay tatanggap ng mga dakilang pagpapala. Sa iglesia, maging matatag kayo sa inyong patotoo sa Akin, panindigan ang katotohanan; ang tama ay tama at ang mali ay mali. Huwag malito sa kung alin ang itim at puti. Makikipagdigma kayo kay Satanas at dapat ninyong lubusang magapi ito upang sa gayon ay hindi na ito kailanman babangon. Dapat ninyong ibigay ang lahat ng mayroon kayo upang pangalagaan ang Aking patotoo. Ito ang magiging layunin ng inyong mga

pagkilos—huwag kalimutan ito. Subali't ngayon, kulang kayo sa pananampalataya at sa kakayahang makita ang pagkakaiba ng mga bagay-bagay at lagi kayong hindi makaunawa sa Aking mga salita at sa Aking mga hangarin. Gayunpaman, huwag mag-alala; ang lahat ay nagpapatuloy ayon sa Aking mga hakbang at humahantong lamang ang pagkabahala sa kaguluhan. Gumugol kayo ng higit na panahon sa harap Ko at huwag bigyang-halaga ang pagkain at kasuotan, na para sa pisikal na katawan. Madalas na hanapin ang Aking mga hangarin, at malinaw Kong ipakikita sa iyo kung ano ang mga iyon. Unti-unti mong masusumpungan ang Aking mga hangarin sa lahat ng bagay, kaya makakapasok Ako sa bawat tao nang walang hadlang. Magbibigay-kasiyahan ito sa Aking puso, at tatanggap kayo ng mga pagpapala kasama Ko magpakailan pa man!

Kabanata 42

Dakila ang mga gawa ng Makapangyarihang Diyos! Kamangha-mangha! Kahanga-hanga! Tumunog ang pitong trumpeta, humayo ang pitong kulog, at ibinuhos ang pitong mangkok—ang mga ito'y agad na lantarang mabubunyag, at hindi magkakaroon ng pagdududa. Araw-araw ay dumarating sa atin ang pag-ibig ng Diyos. Tanging ang Makapangyarihang Diyos ang makapagliligtas sa atin; kung makatatagpo tayo ng kasawian o ng pagpapala ay lubusang nakasalalay sa Kanya, at tayong mga tao ay walang paraan upang pagpasyahan ito. Yaong mga buong-pusong nag-aalay ng kanilang mga sarili ay tiyak na tatanggap ng saganang mga pagpapala, habang yaong mga naghahangad na pangalagaan ang kanilang mga buhay ay mawawalan lang ng kanilang buhay; ang lahat ng bagay at lahat ng usapin ay nasa mga kamay ng Makapangyarihang Diyos. Huwag na ninyong ihinto ang inyong mga hakbang. Dumarating ang malaking pagbabago sa langit at lupa, kung saan walang paraan ang tao para magtago. Wala siyang ibang pagpipilian kundi tumangis sa mapait na sakit. Sumunod ka sa gawain na ginagawa ng Banal na Espiritu ngayon. Dapat maging malinaw sa loob mo ang tungkol sa hakbang kung saan umunlad ang Kanyang gawain, nang hindi na kinakailangang paalalahanan ng iba. Bumalik ka ngayon sa presensya ng Makapangyarihang Diyos nang madalas hangga't kaya mo. Hingin mo sa Kanya ang lahat. Tiyak na bibigyan ka Niya ng kaliwanagan sa loob mo at, sa mahahalagang sandali, pangangalagaan ka Niya. Huwag kang matakot! Pagmamay-ari na Niya ang iyong buong pagkatao. Sa Kanyang proteksyon at Kanyang pangangalaga, ano ang dapat mong katakutan? Malapit na ngayon ang katuparan ng kalooban ng Diyos, at sinumang matatakutin ay malamang na mabibigo lang. Ang sinasabi Ko sa iyo ay ang katotohanan. Idilat mo ang espirituwal mong mga mata: Maaring magbago ang langit sa isang iglap, ngunit ano ang dapat mong ikatakot? Sa pinakabahagyang galaw ng Kanyang kamay, kaagad mawawasak ang langit at lupa. Kaya't anong mapapala ng tao sa pag-aalala? Hindi ba't nasa kamay ng Diyos ang lahat? Kapag inutusan Niya na magbago ang langit at lupa, magbabago

ang mga ito. Kapag sinabi Niya na gagawin tayong ganap, magagawa tayong ganap. Hindi kailangan ng taong mag-alala, kundi dapat mahinahong magpatuloy. Gayunpaman, hangga't kaya mo, dapat kang makinig at maging mapagbantay. Maaaring magbago ang langit sa isang iglap! Gaano man kadilat ang mga mata ng tao, wala siyang gaanong makikita. Maging mapagmatiyag ka na ngayon. Naganap na ang kalooban ng Diyos, natapos na ang Kanyang proyekto, nagtagumpay na ang Kanyang plano, at nakarating na lahat ng Kanyang mga anak na lalaki sa Kanyang trono. Sama-sama silang hahatol sa lahat ng bansa at lahat ng lahi kasama ng Makapangyarihang Diyos. Yaong mga nang-uusig sa iglesia at namiminsala sa mga anak na lalaki ng Diyos ay makatatagpo ng matinding kaparusahan: Tiyak iyan! Yaong mga taos-pusong nagkakaloob ng kanilang mga sarili sa Diyos, na nananangan sa lahat, tiyak na mamahalin silang lahat ng Diyos hanggang sa buong walang-hanggan, nang hindi kailanman nagbabago!

Kabanata 43

Hindi ba't napaalalahanan Ko na kayo? Huwag mangamba; hindi lang kayo nakikinig sa Akin, mga tao kayong walang pagpapahalaga! Kailan ninyo magagawang maunawaan ang Aking puso? Araw-araw mayroong bagong kaliwanagan, at araw-araw mayroong bagong liwanag. Ilang beses na ninyong naunawaan ito mismo? Hindi ba't Ako mismo ang nagsabi sa inyo? Wala pa rin kayong ginagawa, tulad ng mga insektong gumagalaw lang kapag sinundot, at hindi ninyo magawang magkusang makipagtulungan sa Akin at magpakita ng pagsasaalang-alang sa Aking pasanin. Nais Kong makita ang lahat ng inyong masisigla at kaibig-ibig na mga ngiti, makita ang aktibo at masiglang galaw ng Aking mga anak, pero hindi Ko magawa. Sa halip, kayo ay mahina ang isip—katawa-tawa at hangal. Dapat magkusa kayong maghanap. Matapang na magsumikap! Buksan lang ang inyong mga puso at hayaan Akong mabuhay sa loob ninyo. Maging maingat at mapagbantay! Manlililang ang ilang tao sa iglesia, at dapat lagi ninyong seryosohin ang mga salitang ito, nang hindi maapektuhan ang mga buhay ninyo o dumanas kayo ng kawalan. Makatitiyak kayo na hangga't mayroon kayong lakas ng loob na manindigan at magsalita para sa Akin, papasanin Ko ang lahat ng pasanin nito at bibigyan kita ng lakas! Hangga't pinalulugod mo ang puso Ko, palagi Kong ipakikita sa iyo ang Aking ngiti at ang Aking kalooban. Hangga't mayroon kang matibay na gulugod at isinasabuhay mo ang disposisyon ng batang lalaki, susuportahan kita at ilalagay kita sa isang mahalagang posisyon. Kapag pumupunta ka sa harapan Ko, lumapit ka lang sa Akin. Huwag kang matakot kung hindi ka makapagsalita. Hangga't mayroon kang pusong naghahanap, ibibigay Ko sa iyo ang mga salita. Hindi Ko kailangan ng mga salitang magandang pakinggan, at hindi Ko kailangan ng iyong pambobola; kinamumuhian Ko ang ganitong uri ng bagay nang higit sa lahat. Hindi Ko sinasang-ayunan ang ganitong uri ng tao higit sa lahat. Katulad sila ng isang bubog

sa Aking mata o tinik sa Aking katawan na dapat maalis. Kung hindi, hindi maaaring gumamit ng kapangyarihan para sa Akin ang Aking mga anak at magiging sakop sila ng nakasasakal na kontrol. Bakit Ako dumating? Dumating Ako para suportahan at pasiglahin ang Aking mga anak, upang mawala na magpakailanman ang mga araw na nagtitiis sila ng pang-aapi, paninindak, kalupitan, at pang-aabuso!

Maging matapang. Palagi Akong maglalakad kasama mo, mabubuhay kasama mo, kakausapin ka at kikilos kasama mo. Huwag matakot. Huwag mag-atubiling magsalita. Palagi kayong maramdamin, mahiyain, at matatakutin. Dapat alisin yaong mga hindi napapakinabangan sa pagtatayo ng iglesia. Nabibilang dito yaong mga nasa iglesia na hindi maayos ang mga kalagayan at yaong mga hindi makakilos nang ayon sa Aking mga salita, bukod pa sa inyong di-naniniwalang ina at ama. Ayaw Ko sa mga bagay na iyon. Dapat silang puksain, at walang dapat matira. Pakawalan lang ang mga gapos na nasa iyong mga kamay at mga paa. Hangga't sinisiyasat mo ang mga sarili mong layunin at hindi isinasaalang-alang ng mga ito ang mga pakinabang at kawalan, ni kasikatan at kayamanan, ni mga pansariling ugnayan, sasamahan kita, ituturo Ko ang mga bagay-bagay sa iyo at bibigyan kita ng malinaw na paggabay sa lahat ng oras.

O, mga anak Ko! Ano ang dapat Kong sabihin? Bagaman sinasabi Ko ang mga bagay na ito, hindi pa rin ninyo isinasaalang-alang ang Aking puso at napakamahiyain pa rin ninyo. Ano ang kinatatakutan ninyo? Bakit nagagapos pa rin kayo ng mga batas at mga tuntunin? Napakawalan Ko na kayo, pero wala pa rin kayong kalayaan. Bakit ganito? Higit na makipag-usap sa Akin at sasabihin Ko sa iyo. Huwag Akong subukin. Tunay Ako. Wala Akong pagkukunwari; tunay ang lahat! Totoo ang sinasabi Ko. Kailanma'y hindi Ako sumisira sa Aking salita.

Kabanata 44

Ako ay matuwid, Ako ay mapagkakatiwalaan, at Ako ang Diyos na sumusuri sa kaibuturan ng puso ng tao! Iubunyang Ko agad kung sino ang totoo at kung sino ang huwad. Huwag kang mangamba, lahat ng bagay ay kumikilos ayon sa Aking oras. Sino ang taos na nagnanais sa Akin, sino ang hindi—sasabihin Ko sa inyo, isa-isa. Siguraduhin lamang ninyong kumain nang mabuti, uminom nang mabuti, at lumapit sa Akin kapag kayo ay nasa presensya Ko, at Ako Mismo ang gagawa ng Aking gawain. Huwag kayong labis na masabik sa mga agarang resulta; ang Aking gawain ay hindi isang bagay na maisasagawa agad-agad. Nakapaloob dito ang Aking mga hakbang at ang Aking karunungan, at iyan ang dahilan kung kaya mabubunyang ang Aking karunungan. Hahayaan Ko kayong makita kung ano ang ginagawa ng Aking mga kamay—ang pagpaparusa sa kasamaan at paggantimpala sa kabutihan. Ako ay talagang walang pinapaboran na kahit na sino. Ikaw na tapat na nagmamahal sa Akin, tapat Kitang mamahalin, at yaon namang mga hindi tapat na nagmamahal sa Akin, ang

Aking poot ay mamamalagi magpakailanman sa kanila, upang maalala nila magpakailanman na Ako ang tunay na Diyos, ang Diyos na sumusuri sa kaibuturan ng puso ng tao. Huwag kang kumilos ng isang paraan kapag kaharap ang kapwa ngunit ibang paraan kapag nakatalikod sila; malinaw Kong nakikita ang lahat ng ginagawa mo, at kahit malinlang mo ang iba, hindi mo Ako malilinlang. Malinaw Kong nakikita iyong lahat. Hindi posibleng maitago mo ang anumang bagay; ang lahat ay nasa Aking mga kamay. Huwag mong isiping napakatalino mo dahil nagagawa mong makinabang mula sa mga munti mong pagmamaniwala. Sinasabi Ko sa iyo: gaano man karaming plano ang gawin ng tao, libo-libo man o sampu-sampung libo, sa huli ay hindi sila makatatakas mula sa Aking palad. Lahat ng bagay ay kontrolado ng Aking mga kamay, lalo naman ang isang tao! Huwag mo Akong subukang iwasan o pagtaguan, huwag mong subukang manlinlang o magtago. Maaari kayang hindi mo pa rin nakikita na ang Aking maluwalhating mukha, ang Aking poot at Aking paghatol, ay naibunyag na sa madla? Sinumang hindi nagnanais sa Akin nang tapat, agad at walang-awa Ko silang hahatulan. Ang Aking awa ay umabot na sa sukduhan; wala nang natitira pa roon. Huwag na kayong maging mga paimbabaw, at itigil na ninyo ang inyong mga gawing mararahas at pabaya.

Anak Ko, mag-ingat ka; gumugol ka ng higit na panahon sa presensya Ko at Ako ang bahala sa iyo. Huwag kang matakot, dalhin mo ang Aking matalas na espadang kabilaan ang talim, at—nang naaayon sa Aking kalooban—kalabanin mo si Satanas hanggang sa katapusan. Pangangalagaan Kita; huwag kang mag-alala. Lahat ng bagay na nakakubli ay mabubuksan at mabubunyag. Ako ang Araw na nagbibigay-liwanag, nililiwanagan nang walang-humpay ang buong kadiliman. Ang Aking paghatol ay sumapit na nang lubusan; ang iglesia ay isang lugar ng digmaan. Dapat ninyong lahat ihanda ang inyong mga sarili at ilaan ang iyong buong pagkatao sa panghuling labanan na magpapasya; tiyak na pangangalagaan Kita upang makalaban ka nang mabuti at matagumpay para sa Akin.

Mag-ingat ka—ang puso ng mga tao ngayon ay mapanlinlang at di-mahuhulaan at wala silang paraan para makuha ang tiwala ng ibang tao. Ako lamang ang lubos na para sa inyo. Walang panlinlang sa Akin; sumandal lang kayo sa Akin! Tiyak na magiging matagumpay ang Aking mga anak sa panghuling labanan na magpapasya, at si Satanas ay tiyak na tiyak na lalabas at maghihingalo. Huwag kang matakot! Ako ang iyong kapangyarihan, at Ako ang iyong lahat. Huwag mong isipin nang paulit-ulit ang mga bagay-bagay, hindi mo mahaharap ang ganoon karaming isipin. Nasabi Ko na noon, hindi Ko na kayo aakayin sa landas, sapagkat gahol na sa panahon. Wala na Akong oras para hatakin kayo sa tainga at babalaan kayo sa lahat ng oras—ito ay hindi posible! Tapusin na lang ninyo ang inyong mga paghahanda para sa labanan. Ganap na pananagutan Kita; ang lahat ng bagay ay nasa Aking mga kamay. Ito ay isang labanang hanggang kamatayan, at ang isang panig o ang kabila ay tiyak na mamamatay. Ngunit dapat maging malinaw sa iyo ito: Ako ay kailanmang matagumpay at hindi natalo, at si

Satanas ay tiyak na mamamatay. Ito ang Aking paraan, ang Aking gawain, ang Aking kalooban at ang Aking plano!

Tapos na! Lahat ay tapos na! Huwag kang panghinaan ng loob o matakot. Ako kasama mo, at ikaw kasama Ko, ay magiging mga hari magpakailanman! Ang Aking mga salita, kapag nasambit na, ay hindi magbabago kailanman, at malapit na kayong abutan ng mga pangyayari. Maging mapagmasid! Dapat ninyong pag-isipan ang bawat salita; huwag na kayong maging malabo tungkol sa Aking mga salita. Dapat kayong maging malinaw tungkol sa mga ito! Dapat ninyong tandaan—gugulin ninyo hangga’t maaari ang panahon ninyo sa presensya Ko!

Kabanata 45

Hayagan ninyong hinahatulan ang inyong mga kapatid na parang wala lang. Talagang hindi ninyo alam ang mabuti sa masama; wala kayong kahihyan! Hindi ba’t lubhang pangahas at padalus-dalos na pag-uugali ito? Nalilito at nabibigatan ang puso ng bawat isa sa inyo; dinadala ninyo ang napakaraming dala-dalahan at wala Akong puwang sa loob mo. Mga bulag na tao! Umabot na sa sukdulan ang kalupitan ninyo—kailan ito matatapos?

Kinakausap Ko kayo mula sa Aking puso nang paulit-ulit at ibinibigay Ko sa inyo ang lahat ng mayroon Ako, pero napakamaramot ninyo at wala ni katiting na pagkatao; talagang mahirap arukin ito. Bakit kayo kumakapit sa mga sarili ninyong kuru-kuro? Bakit hindi mo Ako mahayaang magkaroon ng isang lugar sa iyo? Paano Ko kayo maaaring masaknan? Hindi kayo dapat magpatuloy na umasal nang ganito—talagang hindi na nalalayo ang araw Ko mula ngayon. Huwag magsalita nang walang-ingat, umasal nang padalus-dalos, o lumaban at lumikha ng kaguluhan; anong kabutihan ang madadala nito sa inyong buhay? Sinasabi Ko sa inyo nang totohanan, kahit na wala ni isang tao ang maligtas pagdating ng Aking araw, aasikasuhin Ko pa rin ang mga bagay-bagay ayon sa Aking plano. Dapat mong malaman na Ako ang Diyos na makapangyarihan sa lahat! Walang bagay, walang tao, walang pangyayari ang nangangahas na humadlang sa Aking mga hakbang pasulong. Hindi ninyo dapat isipin na wala Akong paraan upang isagawa ang Aking kalooban nang wala kayo. Masasabi Ko sa iyo na kung itinuturing mo ang sarili mong buhay sa ganitong negatibong paraan, sisirain mo lang ang sarili mong buhay at hindi Ko ito papansinin.

Umunlad na ang gawain ng Banal na Espiritu hanggang sa isang partikular na yugto at umabot na sa isang rurok ang patotoo. Ito ang malinaw na katotohanan. Dali, buksan ninyo ang inyong mga nanlalabong mata; huwag payagan na ang Aking matitiyagang pagsisikap sa inyo ay mawalang saysay, at huwag nang magpasasa pa sa inyong sarili. Masaya kayong gumawa ng mabubuting gawa sa harapan Ko, pero kapag wala Ako, maitataas ba ang inyong mga pagkilos at pag-uugali sa harapan Ko para makita Ko?

Hindi ninyo alam ang mabuti sa masama! Hindi kayo nakikinig sa Akin, gumagawa kayo ng isang bagay sa harapan Ko at iba sa likod Ko. Hindi pa rin ninyo napagtanto na Ako ang Diyos na tumitingin nang malalim sa puso ng tao. Sukdulan kayo sa kamangmangan!

Kalaunan, sa daan pasulong, hindi kayo dapat lumikha ng katusuhan o sumali sa panlilinlang at kabuktutan, kung hindi, magiging di-maubos-maisip ang mga kahihinatnan! Hindi pa rin ninyo lahat nauunawaan kung ano ang panlilinlang at kabuktutan. Anumang mga pagkilos o mga pag-uugali na hindi ninyo maipapakita sa Akin, na hindi ninyo hayagang mailalantad, ay panlilinlang at kabuktutan. Dapat maunawaan na ninyo ito ngayon! Kung sasali kayo sa panlilinlang at kabuktutan sa hinaharap, huwag magkunwaring hindi nakauunawa—kung gagawin ninyo iyan, sadya iyang paggawa ng mali, at doble ang inyong pagkakasala. Maghahatid lang ito sa inyo sa pagsunog sa apoy, o mas malubha pa, sa pagkapahamak ng inyong mga sarili. Dapat ninyong maunawaan! Ang hinaharap ninyo ngayon ay ang pagtutuwid ng pag-ibig; tiyak na hindi ito walang-pusong paghatol. Kung hindi ninyo ito nakikita, labis kayong kaawa-awa, at talagang wala na kayong pag-asa. Kung hindi kayo nakahandang tumanggap ng pagtutuwid ng pag-ibig, ang tanging maaaring sumapit sa inyo ay walang-pusong paghatol. Kapag nangyari iyan, huwag kayong magreklamo na hindi Ko kayo sinabihan. Hindi Ako ang nagpabaya sa Aking mga pananagutan kundi kayo ang hindi nakinig sa Aking mga salita at hindi nagsakatuparan ng Aking mga salita. Sinasabi Ko sa inyo ito ngayon, nang hindi Ako masisi ng mga tao kalaunan.

Kabanata 46

Sinumang taos na gumugugol at iniaalay ang kanyang sarili sa Akin ay tiyak na pangangalagaan Ko hanggang sa kadulu-duluhan; tiyak na hahawakan ka ng Aking kamay nang sa gayon ay lagi kang payapa at laging puno ng kagalakan, at araw-araw mong tataglayin ang Aking liwanag at paghahayag. Tiyak na dodoblehin Ko ang Aking mga pagpapala sa iyo, nang sa gayon ay mayroon ka ng kung anong mayroon Ako at taglay mo kung ano Ako. Ang ibinigay sa loob mo ay ang iyong buhay, at walang makakakuha nito mula sa iyo. Huwag mong guluhin ang iyong sarili o malumbay; sa loob Ko ay mayroon lamang kapayapaan at kagalakan. Taos kitang minamahal, anak, ikaw na nakikinig nang taos at sumusunod sa Akin. Yaong pinakakinamumuhian Ko ay ang mga mapagpaimbabaw; tiyak na buburahin Ko sila. Aalisin Ko ang anumang pahiwatig ng sanlibutan mula sa Aking sambahayan, at aalisin Ko ang lahat ng bagay na iyon na hindi Ko makayang tingnan.

Sa kaibuturan ng Aking puso, ganap Kong alam kung sino ang taos na nagnanais sa Akin at sino ang hindi. Maaaring mahusay silang magbalatkayo at magmukhang kapani-paniwala, at maaari pa ngang sabihin na sila ang pinakamagaling na mga artista

sa mundo, nakikita Ko nang malinaw ang lahat ng kinakandili nila sa kaibuturan ng kanilang mga puso. Huwag mong isipin na hindi Ko alam kung ano ang nasa iyong puso; sa katotohanan walang sinumang nakauunawa nang mas malinaw kaysa sa Akin. Alam Ko kung ano ang nasa iyong puso; handa kang ialay ang iyong sarili sa Diyos at gumugol para sa Diyos, kaya lamang ay ayaw mong gumamit ng matamis na pananalita upang papagbunyiin ang iba. Tingnan nang malinaw! Ang kaharian ngayon ay hindi itinatayo sa pamamagitan ng lakas ng tao, kundi matagumpay na itatayo gamit lamang ang Aking napakayamang karunungan at matinding pagsisikap. Sinumang nagtataglay ng karunungan at nagtataglay ng kung ano Ako sa loob nila ay magkakaroon ng bahagi sa pagtatayo ng kaharian. Huwag ka nang mag-alala; lagi ka na lamang alalang-alala, walang pakialam sa pahayag o sa pagtanglaw ng Aking kalooban sa loob mo. Huwag mo nang gawin iyan. Higit kang makipagbahaginan sa Akin tungkol sa anumang bagay upang maiwasan mong magdusa dahil sa sarili mong mga kilos.

Maaaring sa panlabas ay tila wala Akong interes kaninuman, ngunit alam mo ba kung ano ang Aking iniisip sa loob? Lagi Kong itinataas nang matayog ang mga mapagpakumbaba, at lagi Kong ibinababa yaong mga may labis na pagtingin sa sarili at labis na magpahalaga sa sarili. Yaong mga hindi nakauunawa sa Aking kalooban ay magdurusa ng malaking kawalan. Dapat mong malaman na ganito kung ano Ako, at ito ang Aking disposisyon—walang sinumang makapagbabago rito, at walang sinumang makauunawa rito nang lubusan. Sa pamamagitan lamang ng Aking pahayag na maaari kang makaunawa, kung hindi ay hindi mo rin ito mauunawaan nang lubusan; huwag kang maging mapagmataas. Kahit na ang ilang tao ay nakapagsasalita nang magaling, ang kanilang mga puso ay hindi kailanman tapat sa Akin, at lagi Akong sinasalungat nang palihim; Aking hahatulan ang ganitong uri ng tao.

Huwag ka lamang magtuon sa pagsunod sa sinasabi ng iba, dapat mong bigyang-pansin ang Aking kilos at Aking pag-uugali. Sa ganitong paraan mo lamang unti-unting mauunawaan ang Aking kalooban; ang iyong mga pagkilos ay aayon sa Aking kalooban pagkatapos, at hindi ka makagagawa ng mga pagkakamali. Huwag kang tumangis o maging malungkot; malinaw Kong nakikita ang lahat ng iyong ginagawa, lahat ng iyong pag-uugali at lahat ng iyong iniisip, at alam Ko ang iyong taos na mga ninanasa at pinapangarap; gagamitin kita. Ngayon ay isang napakahalagang sandali; dumating na ang panahon upang subukin ka. Hindi mo pa ba nakikita? Hindi mo pa ba nadarama? Bakit ba ganoon ang Aking pakikitungo sa iyo? Alam mo ba? Ibinunyag Ko na ang mga bagay na ito sa iyo at may kaunti kang kabatiran. Ngunit huwag kang tumigil—magpatuloy ka sa pagsulong sa iyong pagpasok at patuloy kitang bibigyang-kaliwanagan. Natanto mo na ba na habang mas lalo kang sumusunod at nakikinig sa Akin, mas nagniningning ka sa loob at mas higit ang mga pahayag sa loob mo? Namamalayan mo bang habang mas lalo kang sumusunod at nakikinig sa Akin, mas higit ang iyong pagkakilala sa Akin at mas marami kang nagiging karanasan? Huwag ka laging kumapit nang mahigpit sa mga sarili mong kuru-kuro; ang gawin ito ay magbabara sa pagdaloy ng Aking buhay na

tubig at hahadlang sa pagsasakatuparan ng Aking kalooban. Dapat mong malaman na ang lubos na makamit ang isang tao ay hindi isang madaling bagay. Huwag mag-isip sa masalimuot na paraan. Basta sumunod ka, at huwag nang magnilay!

Kabanata 47

Makapangyarihang Diyos ng pagkamakatuwiran—ang Pinakamakapangyarihan sa lahat! Lubusang walang natatago sa Iyo. Ang bawat isang hiwaga mula pa noong unang panahon hanggang sa kawalang-hanggan, na hindi kailanman naihahayag ng mga tao, sa Iyo ay namamalas at ganap na malinaw. Hindi na namin kailangan pang maghanap at mangapa, dahil sa araw na ito ang Iyong persona ay hayagang namamalas namin, Ikaw ang hiwagang nabunyag na, at Ikaw ang praktikal na Diyos Mismo; at sa araw na ito ay dumating Ka nang harap-harapan sa amin, at habang nakikita namin ang Iyong persona, nakikita namin ang bawat hiwaga ng espirituwal na dako. Tunay na ito ay isang bagay na hindi mailalarawan sa isip ninuman! Kasama ka namin sa araw na ito, maging sa aming kalooban, at talagang napakalapit sa amin; hindi ito kayang ilarawan! Walang kapantay ang hiwagang nakapaloob dito!

Natapos na ng Makapangyarihang Diyos ang Kanyang plano ng pamamahala. Siya ang matagumpay na Hari ng sansinukob. Nasa pangangasiwa ng Kanyang mga kamay ang lahat ng bagay at lahat ng usapin. Lumuluhod sa pagsamba ang lahat ng tao, tumatawag sa pangalan ng totoong Diyos—ang Pinakamakapangyarihan sa lahat. Ang lahat ng bagay ay nagagawa sa pamamagitan ng mga salita mula sa Kanyang bibig. Bakit napakabagal ninyo, hindi kayang marubdob na gumawang kasama Niya, malapitang makisali sa Kanya, at sumama sa Kanya sa kaluwalhatian? Maaari bang nakahanda kayong magdusa? Nakahandang mapalayas? Iniisip ninyo na hindi Ko kilala kung sino ang tapat na nakatuon sa Akin at tapat na ginugugol ang kanilang mga sarili para sa Akin? Mga mangmang! Mga hangal! Hindi ninyo mawawari ang Aking mga layunin, at lalong hindi kayo makakapagpakita ng pagsasaalang-alang para sa Aking mga pasanin, palagi ninyo Akong pinag-aalala tungkol sa inyo, labis na pinagtatrabaho para sa inyo. Kailan ito matatapos?

Ang isabuhay Ako sa lahat ng bagay, ang patotohanan Ako sa lahat ng bagay—ito ba ay nangangahulugan ng paglilingkod sa bibig lamang at pagtatahi-tahi ng ilang salita? Hindi ninyo nalalaman kung ano ang pagkakaiba ng mabuti sa masama! Wala Ako sa inyong mga ginagawa at lalong wala Ako sa inyong pang-araw-araw na mga buhay. Nalalaman Ko na hindi ninyo siniseryoso kailanman ang paniniwala sa Diyos, kaya ang mga ito ang mga ibinubunga ninyo. Hindi pa rin kayo gising, at kung magpapatuloy kayong ganito, ipapahiya ninyo ang Aking pangalan.

Tanungin ang iyong sarili, kapag nagsasalita ka, nariyan ba Akong kasama mo? Kapag kumakain ka o nagsusuot ng iyong mga damit, nariyan ba ang Aking pangako?

Talagang wala kayong isip! Sa tuwing hindi tuwirang pinagtutuunan ang iyong mga problema, ipinapakita mo ang iyong tunay na kulay, at walang sinuman sa inyo ang napapaniwala. Kung hindi ito ganito, iisipin ninyo na dakila ang inyong mga sarili, at may tinataglay kayong maraming bagay sa loob ninyo. Hindi ba ninyo alam na ang inyong kalooban ay puno ng kapangitan ni Satanas? Gumawang kasama Ko upang mailabas ang lahat ng bagay na ito. Hayaan ang kung ano Ako at kung ano ang mayroon Ako ang lubusang pumuspos sa iyong kalooban; ito lamang ang paraan na ikaw ay makapagsasabuhay sa Akin, makapagpapatotoo sa Akin nang may higit na realidad, at maging dahilan para mas maraming tao ang magpasakop sa harapan ng Aking trono. Dapat ninyong malaman kung gaano kabisig ang pasanin sa inyong mga balikat: itinataas ang Cristo, ipinamamalas ang Cristo, nagpapatotoo kay Cristo, upang di-mabilang na mga tao ang magtamo ng kaligtasan, nang ang Aking kaharian ay manatiling matatag at di-natitinag. Tinutukoy Ko ang lahat ng ito upang hindi lamang kayo basta makisabay nang hindi nauunawaan ang kahalagahan ng gawain sa araw na ito.

Walang magawa kapag naharap sa mga problema, gaya ng mga langgam sa isang mainit na kawali na tumatakbo nang paikot-ikot: ito ang inyong disposisyon. Sa panlabas, mukhang nasa hustong gulang na kayo, pero ang inyong panloob na buhay ay sa isang bata; ang alam lamang ninyong gawin ay kung paano gumawa ng kaguluhan at dagdagan ang Aking pasanin. Kung mayroong pinakamaliit na bagay na hindi Ko pinakikialaman, gumagawa kayo ng kaguluhan. Hindi ba't ganoon nga? Huwag maging mapagmagaling. Katotohanan ang sinasabi Ko. Huwag palaging isipin na lagi Ko kayong pinagsasabihan, na parang gumagamit lamang Ako ng malalalim na mga salita; ito ang tunay na kalagayan ninyo.

Kabanata 48

Nababahala Ako, pero ilan sa inyo ang kayang maging kaisa Ko sa isip at niloloob? Hindi ninyo talaga binibigyang pansin ang Aking mga salita, ganap na binabalewala at nabibigong magtuon sa mga ito, sa halip nagtutuon lang sa mga sarili ninyong paimbabaw na bagay. Itinuturing ninyo ang Aking matiyagang pangangalaga at pagsisikap bilang isang pag-aaksaya; hindi ba isinusumpa ang inyong konsensya? Kayo ay ignorante at kulang sa katwiran; mga hangal kayong lahat, at hindi makalulugod sa Akin ni bahagya. Lubusan Akong para sa inyo—gaano ninyo kayang maging para sa Akin? Mali ang pagkaunawa ninyo sa Aking layunin, at ito nga talaga ang inyong kabulagan at kawalang kakayahang makita ang mga bagay-bagay, na palagi Akong pinag-aalala tungkol sa inyo at pinagugugol ng panahon sa inyo. Ngayon, gaano karami sa inyong panahon ang kaya ninyong igugol at iukol para sa Akin? Dapat mas madalas ninyong itanong ang mga ito sa inyong sarili.

Tungkol lahat sa inyo ang Aking layunin—nauunawaan ba talaga ninyo ito? Kung

talagang naunawaan ninyo ito, matagal na sana ninyong naunawaan ang Aking layunin at nagsaalang-alang sa Aking pasanin. Huwag kayong maging pabayang muli, o hindi kayo gagawaan ng Banal na Espiritu, na gagawa sa inyong mga espiritu na mamatay at mahulog sa Hades. Hindi ba't masyadong kakila-kilabot iyan para sa iyo? Hindi Ko na kayo kailangang paalalahanan muli. Dapat ninyong suriin ang inyong mga konsensya at tanungin ang mga sarili ninyo: Ito ba'y dahil masyado Akong naaawa sa inyong lahat, o dahil sobra-sobra ang pagkakautang ninyo sa Akin? Huwag kayong malito sa tama at mali; huwag mawalan ng katinuan! Hindi ngayon ang oras upang maglaban para sa kapangyarihan at kapakinabangan o makilahok sa intriga. Sa halip, dapat ninyong agarang isantabi ang mga bagay na ito na lubhang nakapipinsala sa buhay at hangaring makapasok sa realidad. Napakawalang ingat ninyo! Hindi ninyo maunawaan ang Aking puso o matanto ang Aking layunin. Maraming bagay na hindi Ko na dapat pang sabihin, pero kayo ay sobrang nalilitong mga tao na hindi nakauunawa, kaya kinailangan Kong sabihin ang mga ito nang paulit-ulit, at gayunpaman, hindi pa rin ninyo napalulugod ang puso Ko.

Sa pagbilang sa inyo isa-isa, ilan sa inyo ang talagang kayang magsaalang-alang sa puso Ko?

Kabanata 49

Upang makapaglingkod nang may koordinasyon, dapat makipag-ugnay ang isang tao nang tama, may lakas, at masidhi. Bukod pa rito, dapat mayroon siyang sigla, sigasig, at nag-uumapaw na kumpiyansa, upang kapag nakita ng iba, sila ay matutustusan at mapupuno. Upang mapaglingkuran Ako, dapat kang maglingkod sa paraang hangad Ko, nang hindi lamang kaayon ng Aking puso, kundi higit pa rito ay binibigyang-kasiyahan ang Aking mga layunin, upang masiyahan Ako sa natutupad Ko sa iyo. Punuin mo ang iyong buhay ng Aking salita, punuin mo ang iyong pananalita ng Aking kapangyarihan—ito ang kahilingan Ko sa iyo. Ibinubunyag ba ng pagsunod mo sa mga sarili mong hangarin ang Aking wangis? Magbibigay ba iyan ng kasiyahan sa Aking puso? Isa ka bang taong tapat na sumunod sa Aking mga layunin? Isa ka bang taong tunay nang sumubok na unawain ang Aking puso? Inialay mo na ba talaga ang iyong sarili para sa Akin? Tunay mo na bang iginugol ang iyong sarili para sa Akin? Binulay-bulay mo na ba ang Aking mga salita?

Dapat gumamit ang isang tao ng karunungan sa bawat aspeto at gumamit ng karunungan sa paglakad sa Aking perpektong daan. Ang mga kumikilos ayon sa Aking salita ang pinakamarunong sa lahat, at ang mga kumikilos alinsunod sa Aking salita ang pinakamasunurin. Ang sinasabi Ko ang masusunod at hindi mo kailangang makipagtalo sa Akin o subukang mangatwiran sa Akin. Lahat ng sinasabi Ko ay sinasabi Ko nang isinasaisip ka (mahigpit man Ako o malumanay). Kung magtutuon ka sa pagiging

masunurin, mabuti iyan, at ito ang daan ng tunay na karunungan (at ng pag-iwas na mangyari sa iyo ang paghatol ng Diyos). Ngayon, sa Aking sambahayan, huwag kang maging magalang sa Aking harapan at magsabi ng ibang mga bagay sa Aking likuran. Gusto Kong maging praktikal ka; hindi mo kailangang gumamit ng mabulaklak na retorika. Para sa mga praktikal, naroon ang lahat. Para sa mga hindi, walang kahit anuman. Maging ang kanilang mga katawan ay babalik din kasama nila sa kawalan, dahil kung walang pagkapraktikal, kahungkagan lamang ang naroon; wala nang iba pang paliwanag.

Sa inyong pananampalataya sa Diyos, gusto Kong maging masigasig kayo at hindi isipin ang maaari ninyong matamo o mawala, o lahat ng mayroon kayo; dapat ninyong hangarin lamang na tumapak sa tunay na landas at hindi madala ninuman o makontrol ninuman. Ito ang tinatawag na pagiging isang haligi ng iglesia, isang mananagumpay ng kaharian; ang gawin ang kasalungat ay nangangahulugang hindi kayo karapat-dapat na mabuhay sa Aking harapan.

Sa iba't ibang sitwasyon, magkakaiba rin ang paraan para maging malapit sa Akin. Gustung-gusto ng ilang tao na magsabi ng matatamis na salita at kumilos na taimtim sa Aking harapan. Gayunpaman, sa likod ng mga eksena, ganap silang magulo at walang-wala sa kanila ang Aking mga salita. Nakakasuya sila at nakakainis; tiyak na hindi sila makapagpapaunlad ng sinuman o makapagtutustos kaninuman. Hindi ninyo kayang isaalang-alang ang Aking puso dahil lamang hindi na kayo lalo pang magiging malapit o makakapagsalamuha sa Akin; lagi ninyo Akong pinag-aalala sa inyo at pinagtatrabaho para sa inyo.

Kabanata 50

Lahat ng iglesia at lahat ng makadiyos ay dapat alalahanin ang nakalipas at gayundin ay tumingin sa hinaharap: Ilan sa inyong mga nakaraang pagkilos ang kuwalipikado, at ilan sa mga iyon ang nagkaroon ng bahagi sa pagtatayo ng kaharian? Huwag kayong magmarunong! Dapat mong makita nang malinaw ang mga sarili mong pagkukulang at dapat mong maunawaan ang mga sarili mong kalagayan. Alam Ko na wala sa inyo ang handang mag-ukol ng anumang pagsisikap o gumugol ng anumang panahon para dito, kaya wala kayong anumang maipagmalaking nakakamit. Sinasayang ninyo ang lahat ng inyong panahon sa pagkain, pag-inom at pagliliwaliw. Kapag ang ilan sa inyo ay nagkasama-sama, kayo'y nagloloko, hindi nagbibigay ng pansin sa pagbabahaginan ng mga espirituwal na bagay sa buhay o sa pagtutustos ng buhay sa isa't isa. Hindi Ko matiis na makita kayong nagtatawanan at nagbibiruan kapag kayo'y nagsasalita, gayunman lubha kayong katawa-tawa. Maraming ulit Ko nang sinabi, ngunit hindi talaga ninyo alam ang kahulugan ng Aking sinasabi—hindi ba ito isang bagay na lubhang kitang-kita na nasa dulo na ng inyong ilong? Nakapagsalita na Ako ng mga bagay na

gaya nito noon, gayunman hindi pa rin kayo naniniwala at hindi ninyo kinikilala ang Aking sinasabi, at iniisip na hindi Ko kayo nauunawaan, iniisip na hindi totoo ang sinasabi Ko. O maaari kayang hindi ganyan ang kaso?

Kung kikilos ka nang basta-basta sa Akin, ilalagay kita sa isang tabi. Subukan mo lang kumilos uli nang basta-basta! Subukan mo lang kumilos uli nang walang pagpapahalaga at walang ingat! Ang Aking mga salita ay isang pang-ukit na kutsilyo; anumang hindi umaayon sa Aking kalooban ay tatapyasin gamit ang kutsilyong ito, at hindi mo na kailangang mag-ukol ng labis na pagsasaalang-alang para sa paggalang mo sa iyong sarili. Inuukit Kita upang ikaw ay magkaroon ng hubog at makaayon sa Aking kalooban. Huwag kang magkaroon ng maling pagkaunawa sa Aking puso; katanggap-tanggap lamang iyon kung mayroon kang pagsasaalang-alang sa Aking puso hangga't maaari. Kung nagpapakita ka ni kaliit-liitan mang pagsasaalang-alang, hindi kita tatalikuran nang may panghahamak. Huwag mo itong laging basta ipagwalang-bahala; hayaan mo ang Aking kalooban na palagiang maisakatuparan sa iyo.

Ang napakaraming makadiyos ay lahat nasa magkakaibang posisyon, kaya siyempre kayong lahat ay may iba't ibang katungkulan. Ngunit dapat ninyong gawin ang lahat ng kaya ninyong gawin upang taos na igugol ang inyong sarili para sa Akin; ang inyong tungkulin ay ang gawin ang lahat ng inyong makakaya. Dapat kayong maging tapat dito, at maging masayang nakahanda. Talagang hindi kayo dapat maging matamlay! Kung hindi, ang Aking paghatol ay laging sasainyo; hindi ito matatagalan ng inyong laman, espiritu at kaluluwa, at magkakaroon kayo ng pagtangis at pagngangalit ng mga ngipin.

Kabanata 51

O! Makapangyarihang Diyos! Amen! Sa Iyo ay napapakawalan ang lahat, malaya ang lahat, bukas ang lahat, nabubunyag ang lahat, at maliwanag ang lahat, hindi nakakubli o nakatago nang kahit kaunti. Ikaw ang Makapangyarihang Diyos na nagkatawang-tao. Namuno Ka na bilang hari. Hayagan Ka nang naibunyag—Ikaw ay hindi na isang hiwaga, bagkus ay ganap nang ibinunyag magpakailan pa man! Ako ay totoong lubusan nang naibunyag, hayagan Akong dumating, at nagpakita na bilang Araw ng pagiging matuwid, dahil ang kasalukuyan ay hindi na ang panahon ng pagpapakita ng tala sa umaga, at hindi na rin ito ang yugto ng pagkukubli. Tulad ng kumikislap na kidlat ang Aking gawain; naisasakatuparan ito nang mabilis tulad ng biglaang dagundong ng kulog. Ang Aking gawain ay sumulong sa kasalukuyang yugtong ito, at ang sinumang nagsasayang ng oras o walang ginagawa ay tatanggap lamang ng walang-awang paghatol. Dapat ay partikular mong maunawaan nang malinaw na Ako ang pagiging maharlika at paghatol, at hindi na Ako ang habag at pag-ibig gaya ng iniisip ninyo. Kung hindi pa rin malinaw sa iyo ang puntong ito, ang iyong matatanggap kung gayon ay paghatol lamang, dahil matitikman mo mismo ang hindi mo pa kinikilala; kung hindi ay

magkakaroon ka pa rin ng mga pagdududa at hindi ka mangangahas na maging matatag sa iyong paniniwala.

Tungkol naman sa ipinagkatiwala Ko sa inyo, nagawa ba ninyong kumpletuhin ito nang may malasakit? Sinasabi Ko na ang anumang pagsasagawa ay nangangailangan ng karunungan, gayunpaman ay gaano kadalas ninyong paulit-ulit na siniyasat nang husto at pinag-isipan pa ang Aking mga pangaral habang mayroon kayong ginagawa? Kahit na mayroon kayong ilang pagkaunawa sa isang salita ng Aking mga pangaral, at iniisip ninyong mainam kapag naririnig ninyo ito, binabalewala naman ninyo ito kalaunan. Kapag naririnig ninyo ito, itinutuon ninyo ito sa inyong tunay na mga kalagayan at hinahamak ang inyong sarili—pero sa kalaunan ay naniniwala kayong ito ay isang di-mahalagang bagay. Ngayon ang tanong ay kung maaari bang umunlad ang iyong buhay o hindi; hindi pinag-uusapan dito kung paano mo ginagayakan ang iyong panlabas. Wala sa inyo ang mayroong anumang matibay na pagpapasya, at ayaw ninyong maging determinado. Hindi ninyo nais na bayaran ang halaga, hindi ninyo gustong isantabi ang panandaliang panlupang kasiyahan, datapwat kinatatakutan mong mawalan ng mga pagpapalang galing sa langit. Anong uri ka ng tao? Ikaw ay isang hangal! Hindi kayo dapat makaramdam ng pagkaapi; hindi ba totoo ang sinabi Ko? Hindi ba tinukoy lamang nito ang bagay na naisip mo na sa iyong sarili? Wala kang pagkatao! Wala ka man lang ng katangian ng isang normal na tao. Higit pa rito, kahit na ganito ang sitwasyon, hindi mo pa rin nakikita ang sarili mo na naghihikahos. Ikaw ay mapaglibang at walang inaalala maghapon, lubos na kampante! Hindi mo alam kung gaano kalaki ang iyong mga kakulangan o kung ano ang wala sa iyo. Napakahangal!

Hindi ba ninyo nakikita na ang Aking gawain ay nakarating na sa gayong punto? Ang lahat ng Aking kalooban ay nasa inyo. Kailan ninyo magagawang maunawaan ito at magpakita ng ilang pagsasaalang-alang? Mga tamad kayo! Hindi ninyo nais na bayaran ang halaga, hindi kayo handang magsipag, hindi kayo handang maglaan ng oras, at hindi ninyo nais na magsumikap. Hayaan mong sabihin Ko sa iyo ang isang bagay! Kapag mas natatakot kang magdusa ng paghihirap, mas kaunti ang mga pakinabang na magkakaroon sa buhay mo, at bukod diyan, mas maraming hadlang ang makakaharap mo habang lumalago ang buhay mo, at mas malamang na hindi uunlad ang iyong buhay. Hayaan ninyong paalalahanan Ko kayong muli (hindi Ko na sasabihin ulit)! Ang sinumang hindi aako ng pananagutan sa kanyang sariling buhay ay ipagwawalang-bahala Ko at pababayaang Ko. Nagsimula na Akong ipatupad ito; hindi mo pa ba malinaw na nakikita ito? Hindi ito isang transaksyon sa negosyo at hindi rin ito pangangalakal; ito ay buhay. Malinaw ba iyon?

Kabanata 52

Lumilitaw Ako bilang ang Araw ng pagiging matuwid, at kayo at Ako ay magkasamang nagsasalo sa luwalhati at mabubuting pagpapala, magpakailan pa man! Ito ay isang hindi mapag-aalinlanganang katotohanan, at nagsimula na itong mapatunayan sa inyo. Ito ay dahil lahat ng Akin nang ipinangako ay tutuparin Ko para sa inyo; realidad ang lahat ng sinasabi Ko, at hindi magbubunga ng wala. Sumasainyo ang mabubuting pagpapalang ito, at walang ibang maaaring umangkin sa mga ito; bunga ang mga ito ng inyong serbisyo sa pakikipagtulungan sa Akin nang magkaayon. Iwaksi ang inyong mga relihiyosong kuru-kuro; maniwala sa katunayan ng mga salita Ko at huwag maging mapagduda! Hindi Ko kayo binibiro; seryoso Ako sa Aking sinasabi. Ang mga pinagkakalooban Ko ng mga pagpapala ay tinatanggap ang mga ito, habang ang mga hindi Ko pinagkakalooban ng mga pagpapala ay hindi tumatanggap ng anuman. Ako ang nagpapasya ng lahat ng ito. Ang mabuting kapalaran sa lupa ay sadyang hindi mahalaga! Sa Aking pananaw, ito ay walang iba kundi dumi, mas mababa pa ang halaga kaysa isang kusing. Kaya hindi ninyo dapat masyadong pahalagahan ang panlupang kasiyahan. Hindi ba't ang matamasa ang panlangit na mga pagpapala kasama Ko ay mas higit na makahulugan at nagbibigay-kasiyahan?

Dati, hindi naibunyag ang katotohanan, at hindi Ako hayagang nagpakita; pinagdudahan ninyo Ako noon at hindi kayo nangahas na maging tiyak tungkol sa Akin. Gayunman, ngayon ay naibunyag na ang lahat ng bagay, at Ako ay lumitaw na bilang ang Araw ng pagiging matuwid—kaya kung nagdududa pa rin kayo, anong masasabi ninyo riyan? Noong natatakpan ng kadiliman ang lupa, mapapatawad na hindi ninyo makita ang liwanag, pero ngayong natanglawan na ng araw ang lahat ng madidilim na sulok; ang nakatago ay hindi na nakatago, at ang nakakubli ay hindi na nakakubli—kung nagdududa pa rin kayo, hindi Ko na kayo basta-basta patatawarin! Ngayon na ang panahon para maging lubusang tiyak tungkol sa Akin, ang panahon na maging handang italaga ang inyong mga sarili sa Akin at gumugol para sa Akin. Sinumang sumasalungat sa Akin kahit sa pinakamaliit na paraan ay pagtutuunan pagdaka ng mga apoy ng paghatol nang walang pagdadalawang-isip o ni isang sandaling pagkaantala—dahil ngayon na ang panahon na dumating ang walang-awang paghatol, at para sa mga hindi tama ang isip at puso, magiging mabilis ang paghatol. Ito ang totoong kahulugan ng, “Tulad ng kumikislap na kidlat ang Aking gawain,” gaya ng nasabi na.

Mabilis itong sumusulong; nagugulat nito ang mga tao, natatakot nito ang mga tao, hindi na ito maaaring maantala pa at hindi ito mapipigil. Habang mas isinasakatuparan ang gawain Ko, mas mabilis itong sumusulong; sinumang hindi mapagbantay at handa ay palaging nanganganib na maiwaksi. Hindi na kayo maaaring bumigay sa udyok ng tukso. Lubusan nang nag-umpisa ang Aking gawain at lumalawak ito patungo sa mga bansang Hentil at sa mundo ng sansinukob. Ang mga apoy ng paghatol ay malulupit at walang awa o pag-ibig kaninuman. Ang mga tapat sa Diyos pero nagkikimkim ng mga

maling kaisipan at ideya, o kahit tumututol lang nang kaunti, ay walang dudang hahatulan din. Sinumang sinisinagan ng liwanag Ko ay mabubuhay sa loob ng liwanag, at kikilos sa loob ng liwanag, at maglilingkod sa Akin hanggang sa kadulu-duluhan. Ang mga hindi nabubuhay sa loob ng liwanag ay nabubuhay sa kadiliman. Gagawa Ako ng isang pasya matapos silang hatulan, ayon sa kanilang mga saloobin sa kanilang sariling sala.

Dumating na ang Araw Ko. Ang “araw Ko,” na binanggit noong nakaraan, ay nasa harap na ninyo ngayon, dahil bumaba na kayong kasama Ko. Ako kasama mo, at ikaw kasama Ko; nagkita na tayo sa himpapawid, at magkasama tayong nagsasalo sa luwalhati. Talaga ngang ganap nang dumating ang Aking araw!

Kabanata 53

Ako ang Simula, at Ako ang Wakas. Ako ang muling nabuhay at ganap na nag-iisang tunay na Diyos. Sinasabi Ko ang Aking mga salita sa harap ninyo, at dapat ninyong matatag na paniwalaan ang sinasabi Ko. Maaaring lumipas ang langit at lupa pero walang kahit isang titik o kudlit ng sinasabi Ko ang lilipas kailanman. Tandaan ito! Tandaan ito! Sa oras na binigkas Ko na ito, wala ni isang salita ang binawi na kailanman, at matutupad ang bawat isa. Dumating na ang panahon ngayon, at dapat kayong agad-agad na pumasok sa realidad. Wala na gaanong nalalabing panahon. Pangungunahan Ko ang Aking mga anak sa maluwalhating kaharian at matutupad ang mga pinagsikapan at inasam ninyo. Aking mga anak! Dali-daling tumayo at sumunod sa Akin! Wala nang sapat na panahon para pag-isipan pa ninyo ito. Hindi na kailanman babalik ang panahong lumipas; mayroong liwanag pagkatapos ng kadiliman, at nasa harapan ninyo ang pagdadala. Nauunawaan ba ninyo? Buksan ninyo ang inyong mga mata! Dali-daling gumising! Hindi kayo pinahihintulutan ngayon sa pakikipag-usap sa isa’t isa na makisali sa walang saysay na pagdadaldalan o magsabi ng anumang walang pakinabang sa pagtatayo ng iglesia. Ang mahalaga ay ang tustusan mo ang iyong mga kapatid ng iyong mga praktikal na karanasan o salaysay kung paano ka tinanglawan sa harapan ng Diyos at ang kilalanin ang inyong sarili. Sinumang kayang magtustos ng mga ito ay magkakaroon ng tayog! Sa ngayon, hindi pa rin matatakutin ang ilan sa inyo, at anuman ang sabihin Ko o gaano man Ako mag-alala, nananatili kang walang takot; hindi pinapayagan ng dati mong sarili na mahawakan ito ni bahagya. Puwes, magpatuloy ka lang nang ganyan! Tingnan lang natin kung sino ang mapapahamak! Palagi mong iniisip na kumapit sa mundo, mag-asam ng kayamanan, at makaramdam ng matinding pagkagiliw sa iyong mga anak na lalaki, mga anak na babae at asawa. Buveno, puwede kang magpatuloy na lang na makaramdam ng pagkagiliw! Hindi naman sa hindi pa natalakay sa inyo ang Aking mga salita, at puwede kayong magpatuloy na lang sa paanumang gusto ninyo! Sa nalalapit na hinaharap, mauunawaan ninyo ang lahat, pero magiging huli na ang lahat noon. Ang tanging naghihintay sa inyo ay paghatol.

Kabanata 54

Alam Ko ang kalagayan ng bawat iglesia gaya ng likod ng Aking kamay. Huwag ninyong isipin na hindi Ko nauunawaan o hindi Ako malinaw tungkol sa mga iyon. Pagdating naman sa iba't ibang tao ng mga iglesia, lalo na Akong may malinaw na pagkaunawa at kaalaman. Madalian Kong kalooban ngayon ang sanayin ka, nang mas mabilis kang lumaki hanggang sa wastong gulang; nang mas mabilis na dumating ang araw na maaari Ko na kayong magamit; at nang ang inyong mga pagkilos ay maaaring mapuno ng Aking karunungan, na inyong maipamamalas ang Diyos saanman kayo naroon. Sa ganitong paraan, ang Aking sukdulang layunin ay makakamtan. Aking mga anak! Dapat kayong magpakita ng pagsasaalang-alang sa Aking kalooban. Huwag ninyong pahawakan sa Akin ang inyong kamay habang tinuturuan Ko kayo. Dapat kayong matutong unawain ang Aking kalooban at tingnan ang buod ng mga bagay-bagay. Bibigyan kayo nito ng kakayahang pangasiwaan ang bawat bagay na makakatagpo ninyo nang walang hira at agad-agad. Sa inyong pagsasanay, maaaring sa unang pagkakataon ay hindi ninyo ito maunawaan—ngunit pagkatapos ng ikalawang pagkakataon, at ng ikatlong pagkakataon, at iba pa, magagawa rin ninyo kalaunan na unawain ang Aking kalooban.

Ang inyong mga salita ay laging nagtataglay ng di-mapasok na katangian. Naniniwala kayong ito ay karunungan, hindi ba? Minsan, hindi masunurin ang inyong mga salita; minsan, pabiro kayo kung magsalita; at minsan, nagsasalita kayo nang may bahid ng mga kuru-kuro at paninibugho ng tao.... Sa kabuuan, nagsasalita kayo nang walang katatagan, hindi alam kung paano magtustos ng buhay sa iba o paano unawain ang kanilang mga kalagayan, kundi nakikipag-usap nang padalus-dalos. Malabo ang inyong pag-iisip at wala kayong ideya kung ano ang karunungan at kung ano ang panlilinlang. Litong-lito kayo! Itinuturing ninyo ang panlilinlang at kabuktutan bilang karunungan; hindi ba nito ipinahihya ang Aking pangalan? Hindi ba ito kalapastanganan sa Akin? Hindi ba Ako nito pinagbibintangan? Kaya, ano ba ang nilalayon ninyo? Napag-isipan na ba ninyo iyan nang mabuti? Nagsagawa na ba kayo ng anumang paghahanap sa usaping ito? Sinasabi Ko sa iyo, ang Aking kalooban ang direksyon at layuning inyong hinahanap. Kung hindi ganoon, ang lahat ay mawawalan ng kabuluhan. Ang mga hindi nakaaalam ng Aking kalooban ay ang mga hindi nakaaalam kung paano maghanap, ang mga iiwan, aalisin! Malinaw na ang unawain ang Aking kalooban ang unang aralin na dapat ninyong matutuhan. Ito ang pinakanarapat na unahing gawin, at hindi ito hinahayaang maantala! Huwag ninyong hintaying batikusin Ko ang bawat isa sa inyo, nang isa-isa, sa nagawa ninyo! Gumugugol kayo ng mga buong araw sa malabong kalagayan ng pagiging manhid dahil sa kapurulan ng isip. Ito'y katawa-tawa! Kamangha-mangha ang kalituhan ninyo; hindi kayo nagpapakita ng pagsasaalang-alang sa Aking kalooban! Tanungin ninyo ang inyong sarili: Ilang beses na ba ninyong naunawaan ang Aking kalooban kapag kumikilos kayo? Panahon na para sanayin ninyo ang inyong sarili!

Imposible na pakitunguhan Ko kayo nang isa-isa! Dapat kayong matutong magtamo ng karanasan at magkaroon ng kabatiran at karunungan habang kumikilos kayo. Ang mga salitang lumalabas sa inyong mga bibig ay maiinam at mabubuti, subalit ano ba ang realidad? Kapag nahaharap kayo sa realidad, wala kayong magawa tungkol dito. Ang inyong sinasabi ay hindi kailanman tumutugma sa realidad. Hindi Ko talaga matagalan na makita ang inyong ginagawa; kapag pinapanood Ko, labis Akong nalulungkot. Tandaan ito! Sa hinaharap, matuto kayong unawain ang Aking kalooban!

Kabanata 55

Ang tinatawag na normal na pagkatao ay hindi kasing-higit sa karaniwan tulad ng naguguni-guni ng mga tao. Sa halip, kaya nitong pangibabawan ang mga pagkakaugnay ng lahat ng tao, pangyayari, at bagay, at ang mga pag-uusig na umuusbong mula sa kapaligiran ng isang tao. Kaya nitong lumapit sa Akin at makipagniig sa Akin saanmang dako o sitwasyon. Palaging mali ang pakahulugan ninyong mga tao sa Aking mga layunin. Kapag sinabi Kong dapat ninyong isabuhay ang isang normal na pagkatao, nagpipigil kayo sa sarili at kinokontrol ang inyong laman, ngunit hindi ninyo binibigyang-pansin ang maingat na paghahanap sa loob ng inyong espiritu. Nagtutuon lamang kayo sa inyong panlabas na anyo, hindi pinapansin ang mga pagbubunyag at pagpapakilos na sinasanhi Ko sa loob mo. Pabaya ka! Masyadong pabaya! Maaari kayang itinuturing mong isang malaking tagumpay ang pagkumpleto sa ipinagkatiwala Ko sa iyo? Isa kang hangal! Hindi mo binibigyang-pansin ang pagpapaugat nang malalim! “Huwag kang maging isang dahon sa isang puno, kundi maging ugat ng puno”—ito ba talaga ang iyong kasabihan? Walang pagpapahalaga! Pabaya! Nasisiyahan ka na sa sandaling maisip mo na mayroon ka nang kaunting natamo. Napakaliit ng pagsasaalang-alang mo sa Aking kalooban! Mula ngayon ay sumunod ka, huwag maging walang ginagawa, at huwag maging negatibo! Habang naglilingkod, mas madalas kang lumapit sa Akin at mas makipag-usap ka sa Akin. Ito ang iyong tanging daan palabas. Alam Kong tinanggihan mo na ang iyong sarili, na alam mo ang mga sarili mong pagkukulang, at alam mo ang mga sarili mong kahinaan. Ngunit ang pagkaalam lamang ay hindi pa sapat. Kailangan mong makipagtulungan sa Akin at kapag naunawaan mo na ang Aking mga layunin ay isagawa mo kaagad ang mga ito. Ito ang pinakamabuting paraan para magpakita ng malasakit sa Aking pasanin, at ang pinakamabuting paraan din para magpasakop.

Paano mo man Ako tratuhin, gusto Kong isagawa ang Aking kalooban sa iyo at sa lahat ng banal, at gusto Ko itong maisagawa nang walang hadlang sa buong lupain. Magkaroon ng ganap na kamalayan tungkol dito! Ito ay may kinalaman sa Aking mga atas administratibo! Hindi ka ba natatakot kahit kaunti? Hindi ka ba nanginginig sa takot dahil sa sarili mong mga kilos at pag-uugali? Sa lahat ng banal, halos walang nakararamdam sa Aking mga layunin. Ayaw mo bang mamukod-tangi bilang tao na

talagang mapagsaalang-alang sa Aking kalooban? Alam mo ba? Ang madalian Kong layunin ngayon ay ang maghanap ng isang grupo ng mga tao na kayang maging lubusang mapagsaalang-alang sa Aking kalooban. Ayaw mo bang maging isa sa kanila? Ayaw mo bang gugulin ang iyong sarili para sa Akin, at ialay ang iyong sarili para sa Akin? Hindi ka handang magbayad kahit ng pinakamababang halaga o gawin ang kahit pinakakaunting pagsisikap! Kung magpapatuloy na ganyan, ang Aking maingat na pagsisikap ay masasayang lang sa inyo. Ngayong itinuro Ko na ito sa iyo, hindi mo pa rin ba naiintindihan kung gaano kaseryoso ang usaping ito?

“Sa mga taong taos-pusong gumugugol para sa Akin, ikaw ay tiyak na labis Kong pagpapalain.” Kita mo! Maraming beses Ko na itong sinabi sa iyo, ngunit napakarami mo pa ring agam-agam at takot tungkol sa mga sitwasyon ng pamilya at panlabas na kapaligiran. Hindi mo talaga alam kung ano ang mabuti para sa iyo! Ang ginagamit Ko lamang ay ang mga tapat, simple, at bukas na tao. Ikaw ay naging masaya at handa para gamitin Ko—ngunit bakit masyado ka pa ring nag-aalala? Maaari kayang walang kahit na anong epekto ang Aking mga salita sa iyo? Sinabi Ko nang ginagamit kita, ngunit hindi mo ito tapat na mapagkatiwalaan. Palagi kang nagdududa, takot na iiwan kita. Ang iyong mga kuru-kuro ay malalim na nakabaon! Kapag sinabi Kong ginagamit kita, nangangahulugan ito na ginagamit kita. Bakit palagi kang nagdududa? Hindi pa ba malinaw ang Aking sinabi? Bawat salitang sinabi Ko ay totoo; wala ni isang pahayag na hindi totoo. Aking anak! Pagkatiwalaan mo Ako. Maging tapat ka sa ngalan Ko, at tiyak na magiging tapat Ako sa iyo!

Kabanata 56

Nakapagsimula na Akong kumilos para parusahan yaong mga gumagawa ng masama, at yaong mga gumagamit ng kapangyarihan at umuusig sa mga anak ng Diyos. Mula ngayon, ang lupit ng Aking mga atas administratibo ay laging mapapasa mga kumontra sa Akin sa kanilang puso. Alamin ito! Ito ang simula ng Aking paghatol, at walang awang ipapakita kaninuman, ni walang sinumang paliligtasin, sapagkat Ako ang Diyos na walang kinikilingan na nagsasagawa ng katuwiran, at makakabuting tanggapin ninyong lahat ito.

Hindi sa nais Kong parusahan yaong mga gumagawa ng masama; sa halip, ito ay ganting hatid nila sa kanilang sarili dahil sa sarili nilang kasamaan. Hindi Ako mabilis magparusa kaninuman, ni hindi Ko tinrato ang sinuman nang hindi makatarungan—matuwid Ako sa lahat. Talagang mahal Ko ang Aking mga anak, at talagang kinamumuhian Ko yaong masasama na sumusuway sa Akin; ito ang prinsipyo sa likod ng Aking mga kilos. Bawat isa sa inyo ay dapat magkaroon ng kabatiran sa Aking mga atas administratibo; kung hindi, hindi kayo matatakot ni katiting, at kikilos kayo nang walang-ingat sa Aking harapan. Hindi rin ninyo malalaman kung ano ang nais Kong makamit, kung ano ang

nais Kong maisakatuparan, kung ano ang nais Kong matamo, o kung anong klaseng tao ang kailangan ng Aking kaharian.

Ang Aking mga atas administratibo ay:

1. Sino ka man, kung kinontra mo Ako sa puso mo, hahatulan ka.
2. Didisiplinahin kaagad yaong mga taong Aking nahirang sa anumang maling naisip nila.
3. Ilalagay Ko sa isang tabi yaong mga hindi naniniwala sa Akin. Hahayaan Ko silang magsalita at kumilos nang walang-ingat hanggang sa kahuli-hulihan, kung kailan lubusan Ko silang parurusahan at aayusin.
4. Pangangalagaan at poprotektahan Ko yaong mga naniniwala sa Akin sa lahat ng oras. Sa lahat ng oras ay pagkakalooban Ko sila ng buhay sa pamamagitan ng pagliligtas. Mamahalin Ko ang mga taong ito at siguradong hindi sila mahuhulog o maliligaw ng landas. Anumang kahinaan nila ay magiging pansamantala, at tiyak na hindi Ko aalalahanin ang kanilang mga kahinaan.
5. Yaong mga tila naniniwala, ngunit hindi naman talaga—na naniniwala na mayroong isang Diyos ngunit hindi hinahanap ang Cristo, subalit hindi rin naman lumalaban—sila ang pinakakaawa-awang mga tao, at sa pamamagitan ng Aking mga gawa, hahayaan Kong makakita sila nang malinaw. Sa pamamagitan ng Aking mga kilos, ililigtas Ko ang gayong mga tao at ibabalik sila.
6. Ang mga panganay na anak, ang unang tumanggap sa Aking pangalan, ay pagpapalain! Tiyak na ipagkakaloob Ko ang pinakamagagandang pagpapala sa inyo, tutulutan kayong matamasa ang mga ito hangga't gusto ninyo; walang sinumang mangangahas na hadlangan ito. Lahat ng ito ay inihahanda nang buong-buo para sa inyo, dahil ito ang Aking atas administratibo.

Dapat ninyong makita, sa lahat ng aspeto, ang lahat ng kilos ng Aking kamay at lahat ng ideya sa Aking puso. Hindi ba para sa inyo ang lahat? Sino sa inyo ang para sa Akin? Nasiyasat na ba ninyo ang mga ideya sa inyong puso o ang mga salitang sinasambit ninyo? Napag-isipan na ba ninyo nang husto ang mga bagay na ito? Hangal! Talipandas! Hindi mo tinatanggap ang mga pagpigil ng Banal na Espiritu! Paulit-ulit Ko nang ipinarating ang Aking tinig sa iyong kalooban, subalit wala ka man lang reaksiyon. Huwag ka nang magpakabobo! Ang tungkulin mo ay unawain ang Aking kalooban; bukod dito, ito ang landas na dapat mong tahakin. Nalilito ka, wala kang kabatiran, at hindi mo nakikita nang malinaw ang nais Kong maisakatuparan sa iyo o matamo mula sa iyo! Upang maunawaan ang Aking kalooban, kailangan mong magsimula sa paglapit sa Akin at higit na pakikipag-usap sa Akin. Palagi mong sinasabi na hindi mo nauunawaan ang Aking kalooban. Kung puno ka na ng sarili mong mga bagay, paano kita magagawaan? Hindi ka nagkukusang lumapit sa Aking harapan, kundi naghihintay ka lang at balintiyak. Sinasabi Ko na para kang isang uod, subalit minamasama mo ito at ayaw mo itong tanggapin. Sa pagkakataong ito dapat kang bumangon at makipagtulungan sa Akin! Huwag kang balintiyak! Makakapigil iyan sa buhay mo. Ang pagiging aktibo ay

magdadala ng mga pakinabang sa iyo, hindi sa iba. Hindi mo pa rin ba napapansin at nauunawaan ito? Palaging ibinubunyag ang Aking kalooban sa iyo. Hindi mo pa ba nahihiwatigan ito? Bakit hindi mo nabigyang-pansin ito kailanman? Bakit hindi mo nagawang unawain ang Aking kalooban kailanman? Talaga bang walang ihahatid na pakinabang sa iyo ang pag-unawa sa Aking kalooban?

Nais Kong magpakita ka ng konsiderasyon sa Aking kalooban sa lahat ng aspeto para sa pamamagitan mo ay makasulong Ako at magkaroon ng tahanang mapagpapahingahan. Huwag mo na Akong hadlangan—napakalupit niyan! Wala kang pagkaunawa sa Aking mga salita, at hindi ka tumutugon sa mga ito. Tingnan mo kung anong oras na ngayon; hindi na maaaring maghintay pa! Kung hindi mo susundang maigi ang Aking mga yapak, magiging huli na ang lahat, at lalong wala nang anumang paraan para matubos mo ito!

Kabanata 57

Nasuri mo na ba ang bawat isa sa iyong mga iniisip at ideya, at ang bawat kilos mo? May malinaw na ideya ka ba kung alin sa mga ito ang naaayon sa Aking kalooban at kung alin ang hindi? Talaga bang wala kang kakayahang mahiwatigan ang mga ito! Bakit hindi ka pa humaharap sa Akin? Dahil ba hindi Ko sasabihin sa iyo o may iba pang dahilan? Dapat mo itong malaman! Dapat mong malaman na yaong mga pabaya ay lubos na hindi maiintindihan ang Aking kalooban o tatanggap ng anumang dakilang pagtanglaw o paghahayag.

Natuklasan mo na ba ang mga dahilan kung bakit hindi makapagtamo ng panustos at walang tunay na pagbabahaginan ang iglesia? Alam mo ba kung ilang bagay na humantong na rito ang may kinalaman sa iyo? Pinagbilinan kita na bigyan ng buhay at palabasin ang Aking tinig. Nagawa mo na ba ang mga bagay na ito? Mapapanagutan mo ba ang pagkaantala ng pag-unlad sa buhay ng iyong mga kapatid? Kapag may nakakaharap kang mga isyu, sa halip na maging kalmado at mahinahon, nababagabag ka. Talagang mangmang ka! Dapat ilabas ang Aking tinig sa mga banal. Huwag mong pigilan ang gawain ng Banal na Espiritu, at huwag mo Akong antalahin sa iyong pagpapaliban; hindi makikinabang ang sinuman sa anuman diyan. Nais Kong ialay mo nang lubusan ang iyong sarili sa Akin, sa katawan at isipan, upang bawat iniisip at ideya mo ay maging para sa Akin, upang maibahagi mo ang Aking mga iniisip at alalahanin, at upang lahat ng iyong ginagawa ay maging para sa kapakanan ng kaharian sa ngayon at sa Aking pamamahala, at hindi para sa sarili mo. Iyan lamang ang makakalugod sa puso Ko.

Wala Akong anumang nagawa na walang patunay. Bakit hindi mo pa Ako natutularan? Bakit hindi ka pa naghahanap ng patunay sa iyong ginagawa? Ano pa ang nais mong sabihin Ko? Hinawakan kita sa kamay upang turuan ka, subalit hindi ka pa

natututo. Napakamangmang mo! Nais mo bang magsimulang muli sa umpisa? Huwag kang masiraan ng loob. Kailangan mong minsan pang ayusin ang sarili mo, at ilaan ang iyong sarili nang buo sa ngalan ng iisang mga inaasam at ninanais ng mga banal. Alalahanin ang mga salitang ito: “Sa mga taong taos-pusong gumugugol para sa Akin, ikaw ay tiyak na labis Kong pagpapalain.”

Anuman ang ginagawa mo ay kailangan mong gawin sa maayos na paraan, hindi padaskul-daskol. Talaga bang nangangahas kang sabihin na alam mo ang kalagayan ng mga banal na gaya ng likod ng iyong kamay? Ipinapakita niyan na wala kang karunungan, na hindi mo pa sineryoso man lamang ang bagay na ito, at na hindi ka pa nakagugol ng anumang panahon dito. Kung tunay mong magugugol ang iyong buong panahon dito, makikita mo kung ano ang magiging kalagayan ng iyong kalooban. Hindi ka naghahangad na gumawa ng mga pansariling pagsisikap; naghahanap ka lamang ng mga layuning walang kinalaman sa iyo, nang hindi nagpapakita ni katiting na konsiderasyon para sa Aking kalooban. Napakasakit niyan sa Akin! Huwag kang magpatuloy nang ganyan! Maaari kayang hindi mo tinatanggap ang mga pagpapalang naibigay Ko sa iyo?

O Diyos! Nagpapasalamat sa Iyo ang Iyong anak. Hindi ko naseryoso ang Iyong gawain o isinaalang-alang ang Iyong kalooban, ni hindi ako naging tapat sa Iyong mga payo. Nais ng Iyong anak na baligtarin ang lahat ng ito. Nawa’y huwag Mo akong pabayaang, at nawa’y patuloy Mong isagawa ang Iyong gawain sa pamamagitan ko. O Diyos! Huwag Mong iwang mag-isa ang Iyong anak! Sa halip, mangyaring samahan Mo ako sa bawat saglit. O Diyos! Alam ng Iyong anak na mahal Mo ako, subalit hindi ko maintindihan ang Iyong kalooban; hindi ko alam kung paano magpakita ng konsiderasyon para sa Iyong pasanin o kung paano tuparin ang naipagkatiwala Mo sa akin. Lalong hindi ko alam kung paano akayin ang iglesia. Batid Mo na nalulungkot at nababagabag ako tungkol dito. O Diyos! Mangyaring gabayan Mo ako sa lahat ng oras. Ngayon ko lamang nadarama kung gaano kalaki ang aking pagkukulang—napakalaki ng aking pagkukulang! Hindi ko talaga mailarawan kung gaano. Hayaan Mong magpakita ng biyaya ang Iyong makapangyarihang kamay sa Iyong anak, suportahan Mo ako sa lahat ng oras, at tulungan Mo akong magpatirapa nang lubusan sa Iyong harapan, na hindi na gumagawa ng sarili kong mga pagpapasya at wala nang sarili kong mga iniisip o ideya. O Diyos! Alam Mo na nais ng Iyong anak na gawin ang lahat nang lubusan para sa Iyong kapakanan at para sa kapakanan ng kaharian ngayon. Alam Mo kung ano ang aking iniisip at kung ano ang aking ginagawa sa sandaling ito. O Diyos! Ikaw Mismo ang maghanap sa akin. Hinihiling ko lamang na sabayan Mo ako sa paglakad at manatili Ka sa akin sa buhay sa lahat ng oras upang masamahan ng Iyong lakas ang lahat ng aking ginagawa.

Kabanata 58

Dahil naintindihan mo na ang Aking layunin, makakaya mong magkaroon ng konsiderasyon para sa Aking pasanin, at maaari kang magtamo ng liwanag at paghahayag at mapapakawalan at lalaya. Mapapalugod Ako nito at magsasanhi na maisagawa ang Aking kalooban para sa iyo, magpapasigla sa lahat ng banal, at magpapatibay at magpapatag sa Aking kaharian sa lupa. Ang napakahalagang bagay ngayon ay ang maintindihan ang Aking layunin; ito ang landas na dapat ninyong pasukin at, bukod pa ryan, ito ang tungkuling dapat tuparin ng bawat tao.

Ang Aking salita ay mabisang gamot na nagpapagaling sa lahat ng uri ng karamdaman. Basta't handa kang humarap sa Akin, pagagalingin kita at tutulutan Kong makita mo ang Aking pagiging walang-hanggang kapangyarihan, ang Aking kamangha-manghang mga gawa, ang Aking katuwiran, at ang Aking pagiging maharlika. Bukod pa ryan, pasusulyapan Ko sa inyo ang sarili ninyong katiwalian at mga kahinaan. Lubos Kong nauunawaan ang bawat kundisyon sa iyong kalooban; lagi mong ginagawa ang mga bagay-bagay sa loob ng puso, at hindi mo ito ipinapakita. Mas malinaw pa sa Akin ang tungkol sa bawat bagay na ginagawa mo. Gayunman, dapat mong malaman kung aling mga bagay ang pinupuri Ko at alin ang mga bagay na hindi Ko pinupuri; dapat ay malinaw mong matukoy ang kaibhan sa pagitan ng mga ito, at huwag itong balewalain.

Sa pagsasabing, "Kailangan tayong magpakita ng konsiderasyon sa pasanin ng Diyos," hanggang sa salita ninyo lamang iyan. Gayunman, kapag nahaharap kayo sa mga katunayan, kahit alam na alam ninyo kung ano ang pasanin ng Diyos, hindi ninyo ito binibigyan ng anumang konsiderasyon. Talagang litung-lito kayo at mga hangal, at bukod pa ryan, sukduhan ang inyong kamangmangan. Ipinaliliwanag nito kung gaano kahirap pakitunguhan ang mga tao; ang tanging ginagawa nila ay sumambit ng mga salita na masarap pakinggan tulad ng, "Hindi ko talaga maintindihan ang layunin ng Diyos, pero kung magtatagumpay akong maintindihan iyon, siguradong kikilos ako para sundin ito." Hindi ba ito ang inyong aktwal na kundisyon? Bagama't alam ninyong lahat ang layunin ng Diyos, at alam ninyo ang dahilan ng inyong karamdaman, ang mahalagang isyu ay na ayaw man lamang ninyong magsagawa; ito ang inyong pinakamatinding paghihirap. Kung hindi ninyo lulutasin ito kaagad, ito ang magiging pinakamalaking balakid sa inyong buhay.

Kabanata 59

Mas hanapin mo pa ang kalooban Ko sa mga kapaligirang nasusumpungan mo, at siguradong makakamtan mo ang Aking pagsang-ayon. Hangga't handa kang maghanap at patuloy Akong igalang, ipagkakaloob Ko sa iyo ang lahat ng kulang sa iyo. Ang iglesia ay pumapasok ngayon sa isang pormal na pagsasanay, at lahat ng bagay ay nasa

tamang landas. Ang mga bagay ay hindi na tulad ng dati noong patikim pa lamang ito ng mga bagay na parating; hindi na kayo dapat malito o maging salat sa pagkakilala. Bakit Ko hinihingi na pumasok kayo sa realidad sa lahat ng bagay? Talaga bang naranasan mo na ito? Talaga bang mabibigyang-kasiyahan ninyo Ako sa Aking hinihingi sa inyo, tulad ng pagbibigay-kasiyahan Ko sa inyo? Huwag maging mapanlinlang! Paulit-ulit lamang Akong nagpaparaya sa inyo, gayunman paulit-ulit kayong nabibigong makita ang pagkakaiba ng mabuti at masama, at magpakita ng pagpapahalaga!

Ang Aking pagiging matuwid, ang Aking pagiging maharlika, ang Aking paghatol at ang Aking pag-ibig—lahat nitong bagay na pag-aari Ko, mga bagay na kung ano Ako—talaga bang nalasap mo na ang mga ito? Talagang wala kang pagpapahalaga, at ipinipilit mong hindi mahiwatigan ang Aking kalooban. Paulit-ulit Ko nang nasabi sa inyo na dapat ninyong matikman mismo ang mga pistang inihahanda Ko, gayunman itinutumba ninyo ang mga ito nang paulit-ulit, at hindi ninyo kayang sabihin kung alin ang mabuting kapaligiran at alin ang masama. Alin sa mga kapaligirang ito ang nilikha ninyo mismo? Alin ang isinaayos ng Aking mga kamay? Huwag na ninyong ipagtanggol ang mga sarili ninyo! Nakikita Ko ang lahat nang ganap na malinaw, at ang totoo ay hindi ka lamang naghahanap. Ano pa ba ang masasabi Ko?

Palagi Kong pagiginhawahin ang lahat ng nakakahiwatig ng Aking kalooban, at hindi Ko papayagang magdusa sila o mapahamak. Ang napakahalagang bagay ngayon ay na makaya mong kumilos ayon sa Aking kalooban. Ang mga gumagawa nito ay siguradong tatanggap ng Aking mga pagpapala at mapapasailalim sa Aking pag-iingat. Sino ang tunay at ganap na makagugugol para sa Akin at makapaghahandog ng lahat-lahat nila para sa Akin? Lahat kayo ay walang gana; nagpapaikut-ikot ang inyong mga kaisipan, iniisip ang tahanan, ang mundo sa labas, ang pagkain at damit. Sa kabila ng katotohanang ikaw ay nasa harap Ko, gumagawa ng mga bagay-bagay para sa Akin, sa puso mo ay iniisip mo pa rin ang iyong asawa, mga anak at mga magulang na nasa bahay. Lahat ba ng ito ay pag-aari mo? Bakit hindi mo ipinagkakatiwala ang mga ito sa Aking mga kamay? Wala ka bang sapat na paniniwala sa Akin? O ito ba'y dahil natatakot ka na gagawa Ako ng mga di-karapat-dapat na mga pagsasaayos para sa iyo? Bakit ka laging nag-aalala sa pamilya ng iyong laman? Lagi kang nasasabik sa iyong mga mahal sa buhay! Mayroon ba Akong puwang sa puso mo? Nagsasalita ka pa rin tungkol sa pagpapaubaya sa Aking magkaroon ng pamamahala sa loob mo at sakupin ang iyong buong pagkatao—lahat ng ito ay mapanlinlang na mga kasinungalingan! Ilan sa inyo ang buong pusong tapat sa iglesia? At sino sa inyo ang hindi nag-iisip tungkol sa mga sarili ninyo, kundi kumikilos para sa kaharian ng ngayon? Pag-isipan nang buong ingat ang tungkol dito.

Naitulak na ninyo Ako sa puntong nagagamit Ko na lamang ang Aking mga kamay upang hampasin at itulak kayo; hindi Ko na kayo uudyukan pa. Ito ay dahil Ako ang marunong na Diyos, at tinatrato Ko ang iba't ibang tao sa iba't ibang paraan, batay sa kung gaano kayo katapat sa Akin. Ako ang Diyos na makapangyarihan sa lahat—sinong

mangangahas na hadlangan ang Aking mga hakbang pasulong? Magmula ngayon, sinumang nangangahas na maging di-tapat sa Akin ay tiyak na sasailalim sa Aking mga atas administratibo, upang maipakilala sa kanila ang Aking pagiging makapangyarihan sa lahat. Ang ninanais Ko ay hindi ang napalaking bilang ng mga tao, kundi kahusayan. Pababayaan at parurusahan Ko ang sinumang taksil, di-tapat, at nasasangkot sa buktot na pag-uugali at panlilinlang. Huwag nang isipin pa na Ako ay maawain, o na Ako ay mapagmahal at mabait; ang ganitong mga kaisipan ay mga pagpapasasa lamang sa sarili. Alam Ko na habang mas pinagbibigyan kita ay mas nagiging negatibo ka at walang ginagawa, at lalo kang nagiging di-handa na bitawan ang sarili mo. Kapag ang mga tao ay ganito kahirap pakisamahan, palagi Ko lamang silang mauudyukan at makakaladkad. Alamin ito! Mula ngayon, Ako ang Diyos na humahatol; hindi na Ako ang maawain, mabait, at mapagmahal na Diyos na naguguni-guni ng mga tao!

Kabanata 60

Hindi isang madaling bagay ang paglago ng buhay; nangangailangan ito ng isang proseso at, higit pa ryan, na makaya ninyong bayaran ang halaga at na kayo ay makipagtulungan sa Akin nang kaisa sa puso, at sa gayon kayo ay tatanggap ng Aking papuri. Ang kalangitan at lupa at lahat ng bagay ay itinatatag at ginagawang ganap sa pamamagitan ng mga salitang Aking binibigkas, at sa Akin, anumang bagay ay maisasakatuparan. Ang nais Ko lamang ay na mabilis kayong lumago, kunin ang pasanin mula sa Aking mga balikat at pasanin ito, at gawin ang Aking mga pagpapagal sa Aking ngalan; saka lamang Ako mabibigyang-kasiyahan. Sinong anak ang tatangi sa mga pasanin ng kanyang ama? Sinong ama ang hindi magpapagal gabi at araw para sa kanyang anak? Gayunpaman, sadyang hindi ninyo nauunawaan ang Aking kalooban, at hindi ninyo isinasaalang-alang ang Aking mga pasanin; walang halaga sa inyo ang Aking mga salita, at hindi ninyo ginagawa ang Aking sinasabi. Palaging kayo ang amo ng inyong mga sarili; napakamakasarili! Iniisip lamang ninyo ang inyong mga sarili!

Tunay bang nauunawaan mo ang Aking kalooban o nagkukunwari ka lamang na hindi? Bakit lagi kang umaasal nang walang pakundangan? Sinasabi ba ng konsensya mo na tama ang ginagawa mo sa Akin sa pagkilos mo nang ganyan? Kapag natagpuan mo na ang sanhi ng pagkakasakit, bakit hindi ka nakikipag-usap sa Akin para malunasan? Sasabihin Ko sa iyo: Mula sa araw na ito, hindi na kayo magkakaroon pa ng mga sakit ng katawan. Kung sakaling may bahagi sa inyo na hindi mabuti ang pakiramdam, huwag kayong mag-abala sa paghahanap ng panlabas na dahilan; sa halip, lumapit kayo sa harap Ko at sikaping malaman ang Aking layunin. Maaari bang tandaan ninyo ito? Ito ang Aking pangako: Mula sa araw na ito, kayo ay ganap na lalakad palayo sa inyong pisikal na katawan at patungo sa espirituwal na mundo; ibig sabihin, hindi na magbabata ang inyong katawan ng karamdaman. Masaya ba kayo ryan? Kayo

ba'y nagagalak? Ito ang Aking pangako. Higit pa ryan, ito ang matagal na ninyong inaasam. Ngayong araw, ito ay natutupad sa inyong mga pinagpalang nilalang. Lubhang kahanga-hanga at di-maarok!

Ang Aking gawain ay umuunlad araw at gabi; bawat sandali, hindi ito kailanman humihinto. Ito ay dahil ang madalian Kong ninanasa ay ang gawin kang kaayon ng Aking sariling puso, at na ang Aking puso ay inyong maaliw sa lalong madaling panahon. Aking mga anak! Ang panahon ay dumating na para kayo ay makibahagi sa Aking mga pagpapala ng kabutihan! Noong nakaraan, nagdusa kayo para sa Aking pangalan ngunit ngayon ang mga araw ng inyong pagsubok ay tapos na. Kung ang sinuman ay maglakas-loob na saktan ang isang buhok sa ulo ng Aking mga anak, hindi Ko sila basta patatawarin, ni muli silang makababangon kailanman. Ito ang Aking atas administratibo at sinumang lumabag dito ay malalagay sa panganib. Aking mga anak! Magdiwang hanggang sa ikasisiya ng inyong puso! Umawit at sumigaw sa galak! Hindi na kayo pagmamalupitan at aapihin, at hindi na kayo magiging tampulan ng pang-uusig. Hindi na kayo dapat matakot na manampalataya sa Akin; hayagan kayong manampalataya sa Akin. Tawagin ninyo ang Aking banal na pangalan nang may sapat na lakas na yayanig sa sansinukob at sa mga dulo ng mundo. Hayaang makita nila na ang kanilang mga minaliit, ang ipinahamak at sinaktan nila, ay ngayon nangingibabaw sa kanila at namumuno sa kanila, namamahala sa kanila, at mas mahalaga, humahatol sa kanila.

Ang dapat lamang ninyong alalahanin ay ang inyong pagpasok, at pagkakalooban Ko kayo ng mas mabubuti pang pagpapala na naghihintay na inyong matamasa, at higit ninyong matitikman ang walang-kapantay na katamisan, walang-katapusang mga hiwaga, at kalalimang di-maarok!

Kabanata 61

Kapag may kamalayan ka tungkol sa iyong sariling kalagayan, matutupad mo ang Aking kalooban. Sa katunayan, ang Aking kalooban ay hindi mahirap unawain; hindi ka lamang kailanman naghanap noong nakaraan nang naaayon sa Aking mga hangarin. Hindi Ko ninanais ang mga kuru-kuro o kaisipan ng mga tao, lalo na ang iyong pera o iyong mga ari-arian. Ang nais Ko ay ang iyong puso. Nauunawaan mo ba? Ito ang Aking kalooban; higit pa rito, ito ang nais Kong makuha. Palaging ginagamit ng mga tao ang mga sarili nilang kuru-kuro upang hatulan Ako at ginagamit ang kanilang pamantayan upang tayahin ang Aking tayog. Sa mga tao, ito ang pinakamahirap na bagay na pakitunguhan, at ito ang kinasusuklaman at kinamumuhian Ko nang higit sa lahat. Nakikita mo na ba? Ito ay dahil ito ang pinakakitang-kitang disposisyon ni Satanas. Bukod pa roon, ang inyong tayog ay napakaliit kaya malimit kayong mahulog sa mga tusong pakana ni Satanas. Sadyang hindi ninyo kayang makilala ang mga iyon! Maraming ulit Ko nang sinabi sa inyo na maging maingat sa lahat ng sandali at sa lahat

ng aspeto, upang hindi kayo malinlang ni Satanas. Ngunit hindi kayo nakikinig at sa halip ay basta na lamang ipinagwawalang-bahala ang Aking sinasabi. Bilang bunga, nauuwi kayo na magdusa ng mga kawalan sa buhay, at pagkatapos ay masyado nang huli para magsisi. Hindi ba't magiging napakagandang ideya na ituring ninyo itong isang aral para sa inyong paghahanap sa hinaharap? Sinasabi Ko sa iyo! Ang pagiging negatibo agad ay magdudulot ng napakatitinding kawalan sa iyong buhay. Ngayong alam mo na ito, hindi ba't oras na para gumising ka?

Gusto ng mga tao ng agarang mga resulta, at nakikita lamang nila kung ano ang nasa harapan nila. Kapag sinasabi Kong sinimulan Ko nang parusahan ang mga nasa kapangyarihan, lalo kayong nababahala, at inyong itinatanong: "Bakit nasa kapangyarihan pa rin ang mga taong iyon? Hindi ba ito nangangahulugang hungkag ang mga salita ng Diyos?" Masyado nang nakabaon ang mga kuru-kuro ng tao! Hindi ninyo nauunawaan ang kahulugan ng Aking sinasabi. Ang Aking pinarurusahan ay ang masasama, ang mga lumalaban sa Akin, at ang mga hindi nakakikilala sa Akin, at hindi Ko pinapansin ang mga naniniwala lamang sa Akin ngunit hindi hinahanap ang katotohanan. Talagang napakamangmang ninyo! Hindi ninyo naunawaan ni isang butil ng Aking sinabi! Gayunman, pinupuri pa rin ninyo ang inyong mga sarili, iniisip na lumago na kayo, na nauunawaan ninyo ang mga bagay-bagay, at na kaya ninyong unawain ang Aking kalooban. Malimit Kong sinasabi na ang lahat ng bagay at nilalang ay naglilingkod kay Cristo, ngunit tunay mo bang nauunawaan ang mga salitang ito? Talaga bang alam mo ang ibig sabihin ng mga ito? Sinabi Ko na dati na hindi Ko pinarurusahan ang sinuman nang padalus-dalos. Bawat isang tao sa mundo ng sansinukob ay sumusunod sa Aking mga wastong pagsasaayos. Ang mga pakay ng Aking kaparusahan, ang mga gumawa ng serbisyo kay Cristo (na hindi Ko ililigtas), ang mga pinili Ko, at ang mga pinili Ko ngunit pagkatapos ay palalayas—lahat ng ito ay hawak Ko sa Aking mga kamay, bukod pa sa iyo, na isa sa Aking mga pinili, na nauunawaan Ko nang higit pa. Ang lahat ng ginagawa Ko sa yugtong ito at sa susunod ay alinsunod lahat sa Aking matatalinong pagsasaayos. Hindi mo kailangang magsaayos ng anuman para sa Akin nang pauna; maghintay ka lamang at magtamasa! Ito ay isang bagay na karapat-dapat sa iyo. Aking pinangingibabawan ang pag-aari Ko at hindi Ko basta pinalalampas ang nangangahas na magreklamo o magkaroon ng iba pang palagay tungkol sa Akin. Malimit Akong magsiklab sa galit ngayong mga araw na ito, dahil ang programa ng mga atas administratibo na Aking isinaayos ay dumating na sa yugtong ito. Huwag mong ipagpalagay na wala Akong pakiramdam. Dahil, gaya ng sinabi Ko na dati, walang bagay, tao, o pangyayari ang nangangahas na hadlangan ang Aking mga hakbang pasulong. Ginagawa Ko kung ano ang Aking sinasabi, at ganito kung ano Ako; higit pa ryan, ito ang pinakakitang-kitang pagpapamalas ng Aking disposisyon. Pinakikitunguhan Ko ang lahat ng tao nang parehas, dahil kayong lahat ay Aking mga anak, at mahal Ko ang bawat isa sa inyo. Sinong ama ang hindi inaako ang pananagutan para sa buhay ng kanyang anak? Sinong ama ang hindi nagsisipag araw at gabi para sa kinabukasan ng kanyang

anak? Sino sa inyo ang nakaaalam nito? Sinong makapagpapakita ng konsiderasyon sa Aking puso? Palagi kayong gumagawa ng mga plano at mga pagsasaayos para sa sarili ninyong mga makalamang kasiyahan at wala kayong anumang natatanto tungkol sa Aking puso. Nadudurog ang Aking puso sa pag-aalala sa inyo, subalit palagi kayong nagnanais ng mga makalamang kasiyahan, ng pagkain at pag-inom, pagtulog, at mga kasuotan. Wala ba kayo ni katiting na konsensya? Kung ganoon, mga halimaw lamang kayo na nakadamit-pantao. Ang sinasabi Ko ay hindi labis at dapat kaya ninyong tiisin ang mga salitang ito. Ito ang pinakamabuting paraan upang iligtas kayo, at, higit pa ryan, narito ang Aking karunungan: Patamaan ang nakapagpapabagsak na kahinaan ni Satanas, lupigin ito nang lubusan, at iwan itong ganap na nawasak. Hangga't nagsisisi ka at tinitiyak mong umaasa ka sa Akin upang alisin ang iyong lumang kalikasan at isabuhay ang larawan ng isang bagong tao, Ako ay lubusang masisiyahan, dahil ito ang kahulugan ng pagsasabuhay ng isang normal na pagkatao, at pagpapatotoo sa Aking pangalan. Wala nang ibang mas nagpapasaya sa Akin.

Dapat kang laging manatiling malapit sa Akin. Nakikita na ang Aking paglakad ay bumibilis bawat araw. Kung kulang ka sa espirituwal na pagbabahaginan kahit isang saglit lamang, agad na sasapit sa iyo ang Aking paghatol. Sa puntong ito ay nagtamo ka na ng malalim na pagkatanto. Kinakastigo kita hindi dahil sa hindi kita mahal; kundi, dinidisciplina kita dahil sa pagmamahal Ko sa iyo. Kung hindi ay hindi ka lalago at lagi ka na lamang magpapasasa nang walang pagpipigil ng Banal na Espiritu. Lalo nitong ipinakikita ang Aking karunungan.

Kabanata 62

Ang unawain ang Aking kalooban ay hindi lamang upang malaman mo ito, kundi upang makakilos ka nang naaayon sa Aking mga layunin. Sadyang hindi nauunawaan ng mga tao ang Aking puso. Kapag sinasabi Ko na ang isang direksyon ay silangan, kailangan nila itong pag-isipan, iniisip na, "Tunay nga bang silangan iyon? Baka hindi. Hindi ako puwedeng basta maniwala; kailangang makita ko ito mismo." Ganito kahirap pakitunguhan kayong mga tao; hindi ninyo alam kung ano ang tunay na pagpapasakop. Kapag alam ninyo ang Aking mga layunin, alalahanin ninyo lamang na isakatuparan ang mga ito—huwag nang mag-isip! Lagi mong pinag-aalinlanganan ang Aking sinasabi at kakatwa ang paraan mo ng pagtanggap dito. Paano ito makapagbubunga ng tunay na kabatiran? Hindi ka kailanman pumapasok sa Aking mga salita. Gaya ng nasabi Ko na noon, ang ninanais Ko ay ang kahusayan ng mga tao, sa halip na malaking bilang nila. Ang hindi nagtutuon sa pagpasok sa Aking mga salita ay hindi karapat-dapat na maging mabuting kawal ni Cristo, kundi sa halip ay kumikilos bilang kampon ni Satanas at inaantala ang Aking gawain. Huwag isiping maliit na bagay ito. Sinumang umaantala sa Aking gawain ay lumalabag sa Aking mga atas administratibo, at tiyak na didisciplinahin

Ko nang matindi ang ganitong mga tao. Ibig sabihin nito, mula ngayon, kung tatalikod ka sa Akin nang isang saglit, sasapit sa iyo ang paghatol. Kung hindi mo pinaniniwalaan ang Aking mga salita, subukan mong tingnan mismo kung anong kalagayan ang mamuhay sa liwanag ng Aking mukha at anong kalagayan ang iwan Ako.

Hindi Ko ikinababahala kung hindi ka namumuhay sa espiritu. Ang Aking gawain ay umunlad na hanggang sa kasalukuyang yugto, kaya anong magagawa mo? Huwag kang mabahala, dahil may mga hakbang ang lahat ng Aking ginagawa, at gagawin Ko Mismo ang Aking gawain. Sa sandaling kumilos Ako, lubos na napapaniwala ang lahat; kung hindi, kakastiguhin Ko sila nang mas matindi, na higit na may kinalaman sa Aking mga atas administratibo. Makikita na ang Aking mga atas administratibo ay nagsimula na ngayong ipalaganap at ipatupad, at hindi na natatago. Dapat mo itong makita nang malinaw! Ngayon, lahat ng bagay ay may kinalaman na sa Aking mga atas administratibo, at sinumang lumabag sa mga iyon ay dapat magdusa ng kawalan. Ito ay hindi isang maliit na bagay. Tunay bang mayroon kayong kabatiran dito? Malinaw ba ninyong nakikita ito? Sisimulan Kong magbahagi: Lahat ng bansa at lahat ng bayan sa mundo ay pinangangasiwaan sa Aking mga kamay, at, anuman ang kanilang relihiyon, dapat silang dumaloy pabalik sa Aking trono. Siyempre, ang iba na nahatulan na ay itatapon sa walang hanggang hukay (dahil sila ay mga layon ng pagkawasak na lubusang susunugin at hindi na mananatili pa), samantalang ang iba na nahatulan na ay tatanggapin ang Aking pangalan at magiging mga tao ng Aking kaharian (na tatamasain lamang nila sa loob ng isang libong taon). Samantala, kayo ay maghahari kasama Ko magpakailanman, at dahil nagdusa kayo dati para sa Akin, Aking papalitan ang inyong mga pagdurusang mga pagpapala na Aking ipinagkakaloob sa inyo nang walang katapusan. Ang Aking bayan ay magpapatuloy lamang na maglingkod kay Cristo. Ang sinasabing pagtatamasa rito ay hindi lamang nangangahulugan ng pagtatamasa, kundi na hindi rin pagdurusahin ang mga taong iyon ng mga sakuna. Ito ang napapaloob na kahulugan ng pagiging napakahigpit na ngayon ng Aking mga hinihingi sa inyo, at ang pagkakaroon ng lahat ng kaugnayan sa Aking mga atas administratibo. Ito ay dahil kung hindi ninyo tinanggap ang Aking pagsasanay, walang magiging paraan upang maibigay Ko sa inyo ang inyong nararapat na manahin. Gayunpaman, natatakot pa rin kayong magdusa at natatakot kayo na masusugatan ang inyong mga kaluluwa, laging nag-iisip para sa laman at laging nagsasaayos at nagpaplano para sa inyong mga sarili. Hindi ba angkop ang mga pagsasaayos Ko para sa inyo? Kung gayon ay bakit patuloy kang gumagawa ng mga pagsasaayos para sa iyong sarili? Sinisiraan mo Ako! Hindi ba totoo? Nagsasaayos Ako ng isang bagay para sa iyo, pagkatapos tinatanggihan mo ito nang lubusan at gumagawa ka ng sarili mong mga plano.

Maaaring mahusay kayong magsalita, ngunit sa realidad ay hindi ninyo sinusunod ni paanuman ang Aking kalooban. Makinig kayo sa Akin! Tiyak na hindi Ko sasabihin na mayroong sinuman sa inyo na kayang tunay na magpakita ng pagsasaalang-alang sa Aking kalooban. Kahit na maaaring umayon sa Aking kalooban ang iyong mga kilos,

tiyak na hindi kita pupurihin. Ito ang Aking paraan ng pagliligtas. Gayunpaman, kampante pa rin kayo kung minsan, iniisip na kayo ay kamangha-mangha habang winawalang-halaga ang lahat ng iba pa. Ito ay isang aspeto ng tiwaling disposisyon ng tao. Kinikilala ninyong lahat ang Aking ginagawang punto rito, ngunit sa pang-ibabaw lamang. Upang tunay na makapagbago, kailangan ninyong lumapit sa Akin. Makipagbahaginan sa Akin at bibiyayaan kita. May mga tao na gustong maupo na lamang at anihin kung ano ang itinanim ng iba, iniisip na kailangan lamang nilang iunat ang kanilang mga braso upang mabihisan, at ibuka ang kanilang bibig upang mapakain, naghihintay pa nga na nguyain ng iba ang kanilang pagkain at ilagay ito sa loob ng bibig nila bago ito lunukin. Ang ganyang mga tao ang pinakahangal, gustung-gustong kainin ang nginuya na ng iba. Isa rin itong pagpapamalas ng pinakatamad na aspeto ng tao. Ngayong narinig na ninyo ang mga salita Kong ito, hindi na ninyo dapat lampasan ang mga ito. Ang tanging tamang gawin ay ang doblehin ang inyong pansin, saka lamang mabibigyang-kasiyahan ang Aking kalooban. Ito ang pinakamabuting uri ng pagpapasakop at pagsunod.

Kabanata 63

Dapat mong unawain ang iyong sariling kalagayan at, higit pa rito, maging malinaw tungkol sa landas na kailangan mong tahakin; huwag nang hintayin pa na sabihin Ko at ituro sa iyo ang mga bagay. Ako ang Diyos na nagmamasid sa kaloob-looban ng puso ng tao, at alam Ko ang bawat saloobin at naiisip mo. Dagdag pa, nauunawaan Ko ang iyong mga kilos at pag-uugali—ngunit nakapaloob ba sa lahat ng ito ang Aking pangako? Taglay ba ng lahat ng ito ang Aking kalooban? Talaga bang hinanap mo na ito noon? Gumugol ka na ba talaga ng anumang panahon para dito? Totoo bang may ginawa kang anumang pagsisikap? Hindi kita pinupuna; ipinagwalang-bahala lamang talaga ninyo ang aspetong ito! Lagi kayong naguguluhan at hindi kayo makakita nang malinaw ng anumang bagay. Alam mo ba kung ano ang dahilan nito? Ito ay dahil hindi malinaw ang inyong mga saloobin at labis na matatag na nakabaon ang inyong mga kuru-kuro; dagdag pa rito, wala kayong ipinakikitang pagsasaalang-alang sa Aking kalooban. Sasabihin ng ilang tao: “Paano Mo nasasabi na hindi kami nagpapakita ng pagsasaalang-alang sa Iyong kalooban? Patuloy naming sinusubukan na maunawaan ang Iyong kalooban, ngunit hindi kami kailanman nagtatagumpay—kaya ano ang dapat naming gawin? Masasabi Mo ba talaga na wala kaming ginagawang pagsisikap?” Hayaan mong itanong Ko ito sa iyo: Mangangahas ka bang sabihin na tunay kang tapat sa Akin? At sino ang mangangahas na magsabi na iniaalay nila ang kanilang sarili sa Akin nang may lubos na katapatan? Nangangamba Ako na wala kahit isa sa inyo ang makakapagsabi nito sapagkat, hindi Ko man sabihin, bawat isa sa inyo ay may mga sariling pagpipilian, mga sariling kagustuhan, at higit pa nga rito, mga sariling layunin. Huwag maging mapanlinlang! Matagal Ko nang natamo ang isang ganap na

pagkaunawa sa lahat ng inyong pinakamalalim na mga saloobin. Kailangan Ko pa ba itong linawin? Dapat kang higit na magsuri mula sa bawat aspeto (ang iyong mga saloobin at kaisipan, ang lahat ng iyong sinasabi, bawat salita, bawat layunin at motibasyon sa likod ng bawat kilos na iyong ginagawa); sa ganitong paraan, makakamit mo ang pagpasok sa bawat aspeto. Higit pa rito, magagawa mong sangkapan ang iyong sarili ng buong katotohanan.

Kung hindi Ko sinabi sa inyo ang ganoong mga bagay, mananatili pa rin kayong naguguluhan, nagnanasa ng mga makamundong kasiyahan buong araw at walang anumang pagnanais na pakitaan ng anumang pagsasaalang-alang ang Aking kalooban. Patuloy Kong ginagamit ang Aking mapagmahal na kamay upang iligtas kayo. Alam ba ninyo iyon? Napagtanto na ba ninyo ito? Taos-puso Akong nagmamahal sa iyo. Mangangahas ka bang sabihin na taos-pusong kang nagmamahal sa Akin? Itanong mo ito nang madalas sa iyong sarili: Tunay bang nagagawa mong lumapit sa Akin upang ipasakop ang bawat kilos mo sa Aking pagsusuri? Tunay bang hahayaan mo Akong siyasatin ang bawat kilos mo? Sinasabi Kong mahalay kang nabubuhay, at kaagad mong ipinagtatanggol ang iyong sarili. Dumarating sa iyo ang Aking paghatol; ngayon ay dapat ka nang magising sa katotohanan! Ang lahat ng Aking sinasabi ay ang katotohanan; itinuturo ng Aking mga salita ang tunay na kalagayang nakapaloob sa iyo. Ah, sangkatauhan! Napakahirap mong pakitunguhan. Tanging kapag itinuturo Ko ang iyong tunay na kalagayan ay saka lamang ninyo tinatanggap nang buong puso ang Aking sinasabi. Kung hindi Ko ito ginawa, lagi kayong hahawak nang mahigpit sa inyong mga kaisipang nilipasan na sa panahon at mangungunyapit sa inyong mga paraan ng pag-iisip, ipinapalagay na walang higit na matalino sa mundo kaysa sa inyo. Hindi ba't nagmamagaling ka lamang sa bagay na ito? Hindi ba't nagpapakasawa ka sa kasiyahan pangsarili at pagkakampante, at pagiging mayabang at palalo? Dapat mo na itong malaman ngayon! Hindi mo dapat isipin na matalino ka o katangi-tangi; sa halip, dapat ay lagi kang may kamalayan sa iyong mga kakulangan at kahinaan. Sa ganitong paraan, hindi manghihina ang iyong paninindigan na mahal in Ako, sa halip ay lalakas ito nang lalakas, at patuloy na bubuti ang iyong sariling kalagayan. Higit na mas mahalaga rito ay patuloy na susulong ang iyong buhay sa bawat araw.

Kapag naunawaan mo na ang Aking kalooban, makikilala mo ang iyong sarili, at dahil dito ay makapagtatamo ng higit na mabuting pagkaunawa sa Akin at patuloy na susulong ang iyong katiyakan tungkol sa Akin. Sa kasalukuyan, kung ang sinuman ay hindi kayang magkamit ng siyamnapung porsiyentong katiyakan tungkol sa Akin, bagkus ay nagbabagong mabilis, pabago-bago ang isip, kung gayon ay sasabihin Ko na ang taong iyon ay ang tiyak na iwawaksi. Ang natitirang sampung porsiyento ay nakasalalay sa Aking pagbibigay-kaliwanagan at pagtanglaw; sa pamamagitan ng mga ito, makakamit ng mga tao ang isandaang porsiyentong katiyakan tungkol sa Akin. Ngayon mismo—ibig sabihin ay sa araw na ito—ilan ang maaaring magkamit ng ganitong uri ng tayog? Patuloy Kong inihahayag sa iyo ang Aking kalooban, at patuloy

na dumadaloy sa kaibuturan mo ang mga pakiramdam ng buhay. Kung gayon, bakit hindi ka kumikilos nang ayon sa Espiritu? Takot ka bang magkamali? Kung gayon, bakit hindi ka makapagbigay ng anumang tuon sa pagsasanay? Sinasabi Ko sa iyo na hindi mauunawaan ng mga tao ang Aking kalooban sa pamamagitan lamang ng pagsubok ng isa o dalawang ulit; kailangan nilang sumailalim sa isang proseso. Maraming ulit Ko na itong naituro, kaya't bakit hindi mo ito maisagawa? Hindi mo ba naiisip na nagiging hindi ka masunurin? Nais mong dagling tapusin ang lahat at hindi kailanman nahahandang magsikap o gumugol ng oras sa anumang bagay. Napakahangal mo, at higit pa rito, napakamangmang mo!

Hindi ba ninyo nababatid na lagi Akong nagsasalita tungkol sa mga bagay nang hindi nagpapaliguy-ligoy sa Aking mga salita? Bakit patuloy kayong nagiging mahina, manhid at mapurol ang isip? Dapat ninyong higit na siyasatin ang inyong mga sarili, at dapat ninyong dalasan ang paglapit sa Akin kung mayroon man kayong hindi nauunawaan. Sinasabi Ko ito sa iyo: Ang layunin ng pagsasalita Ko nang ganito o sa ganyang paraan ay upang akayin kayo sa Aking harap. Sa tinagal-tagal, bakit hindi pa rin ninyo ito napagtatanto? Dahil ba ganap kayong nalilito sa Aking mga salita? O ito ba ay dahil hindi ninyo siniseryoso ang bawat isa sa Aking mga salita? Kapag binabasa ninyo ang mga ito, nagtatamo kayo ng mabuting kaalaman tungkol sa inyong mga sarili, at nasasabi ninyo ang mga bagay tulad ng may utang na loob kayo sa Akin at hindi ninyo nauunawaan ang Aking kalooban. Pero paano naman pagkatapos nito? Tila ba wala ka namang pakialam sa mga bagay na ito; tila ba isang tao kang hindi naman naniniwala sa Diyos. Hindi ba't nilulunok mo lamang ang impormasyon nang hindi binibigyan ang iyong sarili ng panahon upang matunawan? Kapag nasisiyahan ka sa Aking mga salita, ito ay tulad sa mabilisang pagsulyap lamang sa mga bulaklak habang nakasakay ka sa kabayong tumatakbo nang matulin; hindi ninyo talaga sinusubukan kailanman na unawain mula sa Aking mga salita kung ano ang Aking kalooban. Ganito ang mga tao: Palagi nilang gusto na magmistulang mapagpakumbaba. Ganyan ang mga pinakakasuklam-suklam na uri ng tao. Kapag nagtitipun-tipon sila upang makisalamuha sa iba, laging ibig nilang ibahagi ang kanilang kaalaman tungkol sa kanilang mga sarili sa harap ng ibang tao, ipinakikita sa iba na sila ang may pagsasaalang-alang sa Aking pasanin—gayong sa katunayan, sila ang pinakatanga sa mga hangal. (Hindi nila ibinabahagi sa kanilang mga kapatid ang tunay na mga pananaw o kaalaman tungkol sa Akin; sa halip, itinatanghal lamang nila ang kanilang sarili at nagyayabang sa harap ng ibang tao; kinamumuhian Ko sa lahat ang ganitong mga tao, dahil sinisiraan at minamaliit nila Ako.)

Madalas Kong ipinamamalas sa inyo ang Aking mga pinakadakilang himala. Hindi ba ninyo nakikita ang mga ito? Ang tinatawag na “realidad” ay isinasabuhay ng mga tapat na nagmamahal sa Akin. Hindi ba ninyo ito nakita? Hindi ba't ito ang pinakamabuting patunay upang makilala ninyo Ako? Hindi ba ito higit na nagpapatotoo sa Akin? Ngunit hindi ninyo ito nakikilala. Sabihin ninyo sa Akin: Sino ang kayang isabuhay ang realidad

sa walang kaayusang mundong ito na napakadumi, napakadungis at ginawang tiwali ni Satanas? Hindi ba't ang lahat ng tao ay tiwali at hungkag? Sa ano't anuman, naabot na ng Aking mga salita ang kanilang ruok; wala nang mga salita ang higit na madaling maunawaan kaysa sa mga ito. Kahit na ang isang tanga ay mababasa ang Aking mga salita at mauunawaan ang mga ito—kaya't hindi ba't hindi lamang kayo sapat na nagsumikap?

Kabanata 64

Hindi mo dapat unawain ang Aking mga salita sa isang baluktot at nakakapanlinlang na paraan; dapat mo silang unawain mula sa lahat ng aspeto at subukang maarok ang mga iyon at isiping mabuti nang paulit-ulit—hindi lamang sa loob ng isang araw o isang gabi. Hindi mo alam kung saan naroon ang Aking kalooban o kung sa anong aspeto Ako nagbayad ng napakalaking halaga; paano ka magpapakita ng konsiderasyon para sa Aking kalooban? Ganito kayong mga tao—hindi ninyo talaga kayang maging detalyado, kayo'y tumututok lamang sa mababaw at ang kaya lamang ay manggaya. Paano ito matatawag na kabanalan? Ito ay simpleng kasigasigan lamang ng tao; ito ay isang bagay na hindi Ko pinupuri at higit pa rito, ito'y isang bagay na Aking kinamumuhian. Ito ang masasabi Ko sa iyo, lahat ng bagay na Aking kinamumuhian ay dapat na maalis, dapat na magdusa sa kalamidad, at mamatay sa Aking pagsunog at paghatol. Kung hindi gayon, hindi malalaman ng mga tao kung ano ang ibig sabihin ng pagiging takot at madidismaya sila, na lagi Akong nakikita gamit ang matang pantao—napakamangmang nila! Ang maging malapit sa Akin at ang pakikipagtalastasan sa Akin ang pinakamainam na paraan upang alisin sa inyong mga sarili ang mga kaisipan ni Satanas. Nais Kong kayong lahat ay kumilos nang naaayon sa panuntunang ito upang maiwasan ninyong mahatulan at magdusa ng kawalan sa inyong buhay.

Ang mga tao ay napakahirap pakitunguhan, laging nasa ilalim ng kontrol ng ibang mga tao, kaganapan, at bagay-bagay at maging ng sarili nilang mga kuru-kuro. Dahil dito, hindi nila kayang magbigay ng mabuting patotoo para sa Akin at hindi nila kayang makipagtulungan nang mabuti sa Akin. Palagi Ko kayong sinusuportahan at pinagyayaman, ngunit hindi ninyo talaga kayang gawin ang lahat ng inyong makakaya upang makipagtulungan sa Akin. Inihahayag lamang nang husto ng lahat ng bagay na ito ang kakulangan ng inyong pagkaunawa sa Akin. Kapag dumating ang panahon kung kailan wala ka nang anumang mga pag-aalinlangan tungkol sa Akin, walang sinumang makahahadlang sa iyo na lumakad sa tunay na daan, at walang mga kuru-kuro ng tao ang maghahari sa iyo. Bakit Ko sinasabi ito? Talaga bang nauunawaan mo ang kahulugan ng Aking mga salita? Nagkakaroon lamang kayo ng kaunting pang-unawa kapag nililinaw Ko ang mga salitang tulad nito. Sadyang napakatanga at napakahina ng ulo ng mga tao. Nagsisimula lamang silang makaramdam ng kaunting sakit kapag

tumusok na ang karayom sa buto. Ibig sabihin, naniniwala ka lamang nang lubusan kapag tinutukoy ng Aking mga salita ang pinanggagalingan ng iyong karamdaman. Gayunpaman, may mga pagkakataong hindi pa rin kayo handang isagawa ang Aking mga salita o kilalanin ang inyong sarili. Sa puntong ito, bakit hindi pa rin ninyo nadarama kung gaano kahirap pakitunguhan ang mga tao? Ito ba ay dahil hindi ganap na halata o malinaw ang Aking mga salita? Ang nais Ko ay makipagtulungan kayo sa Akin nang masigasig at taos-puso; makapagsalita ka man o hindi ng mga salitang kasiya-siya sa pandinig, basta't handa kang makipagtulungan sa Akin at makasasamba sa Akin nang taos-puso, malalagay ka sa ilalim ng Aking pangangalaga. Kahit na ang ganitong uri ng tao ay napakamangmang, bibigyan Ko sila ng kaliwanagan upang kanilang maiwaksi ang kanilang kamangmangan. Ito ay dahil ang Aking mga pagkilos ay nararapat lang na naaayon sa Aking mga salita; Ako ang Makapangyarihang Diyos na hindi kailanman nangangako nang hindi Niya kayang tuparin.

Agad Kong ibubunyag ang Aking kalooban sa lahat ng mga iglesia at lahat ng mga panganay na anak, at wala nang anumang muling maitatago kailanman, dahil dumating na ang araw kung saan ang lahat ay mabubunyag. Ibig sabihin ang salitang "naitatago" ay hindi na gagamitin muli mula ngayon, lalong hindi na iiral ang anumang nakatago. Lahat ng itinagong mga tao, mga pangyayari, at mga bagay-bagay ay tiyak na ilalantad isa-isa. Ako ang Diyos na gumagamit ng buong awtoridad. Lahat ng pangyayari, lahat ng bagay, at bawat isang tao ay hawak sa loob ng Aking mga kamay. Gumagawa Ako ng sarili Kong mga hakbang upang ilantad sila, at isa-isa Ko silang ilalantad, sa maayos na pamamaraan. Ang sinumang maglakas-loob na dayain Ako o subukang magtago ng anumang bagay mula sa Akin, titiyakin Kong hindi na sila kailanman babangon muli. Kikilos Ako sa ganitong pamamaraan upang ang lahat ng ito ay maliwanag na makikita ninyo. Tingnan ninyo nang mabuti! Ang malaking halaga na Aking binayaran ay hindi nasayang; ito ay magbubunga. Ang sinumang hindi nakikinig o sumusunod ay agad-agad na makararanas ng Aking paghatol. Sino pa ang maglalakas-loob na lumaban sa Akin? Lahat kayo ay dapat na sumunod sa Akin. Sinasabi Ko sa iyo, lahat ng Aking sinasabi at ginagawa, at bawat galaw, ideya, kaisipan, at disenyo na mayroon Ako ngayon ay lubos na tamang lahat, at ang mga ito ay walang iniwang puwang sa tao para sa anumang karagdagang pagsasaalang-alang. Bakit Ko sinasabi sa inyo nang paulit-ulit na kailangan lamang ninyong sumunod at hindi na ninyo ito kailangang pag-isipan pa? Ito ay dahil dito. Kailangan pa ba ninyo na linawin Ko pa ito?

Ang inyong mga kuru-kuro ay may kapangyarihan na sa inyo, ngunit gayunman hindi ninyo iniisip na ito ay dahil kayo mismo sa inyong mga sarili ay hindi nagsikap nang sapat. Sa halip ay tumitingin kayo sa Akin para sa mga sanhi, at sinasabi na hindi Ko kayo naliwanagan. Anong uri ng pagsasalita ito? Kayo mismo ay hindi umaako ng inyong mga pananagutan at lagi kayong nagrereklamo sa Akin. Binabalaan kita! Kung magpapatuloy ka sa ganitong pamamaraan, patuloy na hindi nagbabayad ng anumang halaga, ikaw ay itatapon! Hindi Ako nagsasalita sa mapagmalaking paraan buong araw

upang takutin kayo. Ito talaga ay isang katotohanan: ginagawa Ko ang sinasabi Ko. Pagkalabas na pagkalabas ng mga salita sa Aking bibig, kaagad na nagsisimulang matupad ang mga iyon. Noong una, ang mga salita na Aking binitiwang ay dahan-dahang natupad; subalit ngayon, iba na ang mga bagay-bagay at hindi na mangyayari nang dahan-dahan. Upang ipahayag ito ng malinaw, hindi na Ako namumuwersa at nakikiusap; sa halip ay inuudyukan at pinipilit Ko kayo habang sumusulong. Upang maipahayag pa ito nang mas malinaw, ang mga makasasabay ay gagawin ito, samantalang ang mga hindi makasasabay at hindi makasusulong ay aalisin. Sa nakalipas, nagsalita Ako sa inyo nang matiyaga sa lahat ng posibleng pamamaraan, ngunit hindi talaga kayo nakinig. Ngayon na ang gawain ay nagpatuloy na hanggang sa yugtong ito, ano ang gagawin ninyo? Ipagpapatuloy pa rin ba ninyo na magpakasasa sa inyong mga sarili? Ang ganitong uri ng mga tao ay hindi maaaring gawing kumpleto, ngunit tiyak na aalisin Ko sila!

Kabanata 65

Palaging tinatamaan ng Aking mga salita ang mga kahinaan ninyo, ang ibig sabihin, itinaturo ng mga ito ang inyong nakamamatay na mga kahinaan; kung hindi, magmamabagal pa rin sana kayo, walang ideya kung anong oras na ngayon. Alamin ito! Ginagamit Ko ang paraan ng pag-ibig upang iligtas kayo. Gaano man kayo kumikilos, tiyak na tatapusin Ko ang mga bagay na sinang-ayunan Ko, at hindi gagawa ng anumang pagkakamali. Ako ba, ang matuwid na Makapangyarihang Diyos, ay maaaring magkamali? Hindi ba iyan isang kuru-kuro ng tao? Sabihin ninyo sa Akin: Hindi ba ang lahat ng ginagawa at sinasabi Ko ay para sa inyong kapakanan? Mapagkumbabang sasabihin ng ilang tao, “O Diyos! Ang lahat ng ginagawa Mo ay para sa amin, ngunit hindi namin alam kung paano kumilos kasama Mo.” Anong kamangmangan! Sinasabi pa nga ninyong hindi ninyo alam kung paano makipagtulungan sa Akin! Kahiya-hiyang kasinungalingan ang lahat ng ito! Yamang naisatinig ninyo ang mga ganyang bagay, bakit kayo, sa talagang katunayan, paulit-ulit na nagpapakita ng pagsasaalang-alang sa laman? Maganda sa pandinig ang sinasabi ninyo, ngunit hindi kayo kumikilos sa isang madali at kaaya-ayang paraan. Dapat ninyong maunawaan ito: Hindi malaki ang hinihingi Ko sa inyo ngayon, at hindi lampas ang mga ito sa kaya ninyong tarukin; sa halip, kayang makamit ng mga tao ang mga ito. Hindi labis ang pagtanya Ko sa inyo ni anuman. Hindi Ko ba alam kung hanggang saan ang mga kakayahan ng tao? Lubos na malinaw ang pagkaunawa Ko rito.

Palagi kayong nililiwanagan ng Aking mga salita, gayunman masyadong matigas ang inyong mga puso, at hindi ninyo matarok ang Aking kalooban sa loob ng inyong mga espiritu! Sabihin ninyo sa Akin: Ilang beses Ko na bang naipaalala sa inyo na huwag magtuon ng pansin sa pagkain, kasuotan, o inyong itsura, bagkus ay pagtuunan ninyo ang mga panloob na buhay ninyo? Sadyang hindi kayo nakikinig. Pagod na Akong

magsalita. Ganito na ba kayo kamanhid? Lubusan ba kayong walang katinuan? Maaari kayang nasayang ang Aking mga salita? May nasabi ba Akong mali? Aking mga anak-na-lalaki! Isaalang-alang ninyo ang Aking masigasig na mga hangarin! Sa sandaling gumulang na ang inyong mga buhay, hindi na kailangang mabalisa pa, at ang lahat ay ipagkakaloob. Walang halaga ang pagtuunan ang mga bagay na iyon sa sandaling ito. Lubusan nang naisakatuparan ang Aking kaharian, at hayagan na itong nakababa sa mundo; lalo itong nangangahulugan na ganap nang dumating ang Aking paghatol. Naranasan mo na ba ito? Ayaw Kong hatulan kayo, nguni't hindi kayo nagpapakita ng anumang pagsasaalang-alang sa Aking puso. Ninanais Ko na palagi kayong mabigyan ng pangangalaga at pag-iingat ng Aking pag-ibig, sa halip na walang-awang paghatol. Maaari kayang handa kayong mahatulan? Kung hindi, bakit hindi kayo paulit-ulit na lumalapit sa Akin, nagbabahagi sa Akin, at nakikipag-ugnayan sa Akin? Napakalamig ng pagtrato mo sa Akin, ngunit kapag binibigyan ka ng mga ideya ni Satanas ay masayang-masaya ka, iniisip na tumutugma ang mga iyon sa iyong sariling kalooban—nguni't wala kang anumang ginagawa na para sa Aking kapakanan. Ninanasa ba ninyong laging tratuhin Ako nang napakalupit?

Hindi naman sa hindi Ko nais na magbigay sa iyo, kundi hindi kayo handang magbayad ng halaga. Dahil dito, kayo ay walang-wala, walang anumang pag-aari. Hindi ba ninyo nakikita kung gaano kabilis sumusulong ang gawain ng Banal na Espiritu? Hindi ba ninyo nakikita na nagniningas ang Aking puso sa pagkabalisa? Hinihingi Kong makipagtulungan kayo sa Akin, ngunit ayaw pa rin ninyo. Darating ang lahat ng uri ng sakuna, sunud-sunod; daranas ng mga kalamidad ang lahat ng bansa at lugar: Ang salot, taggutom, baha, tagtuyot, at mga lindol ay nasa lahat ng dako. Ang mga sakunang ito ay hindi lamang nangyayari sa isa o dalawang lugar, ni matatapos ang mga iyon sa loob ng isa o dalawang araw; bagkus, kakalat ang mga iyon sa palawak nang palawak na lugar, at titindi nang titindi. Sa loob ng panahong ito, lilitaw nang sunud-sunod ang lahat ng uri ng mga salot na insekto, at mangyayari ang kababalaghan ng kanibalismo sa lahat ng dako. Ito ang Aking paghatol sa lahat ng bansa at mga bayan. Aking mga anak-na-lalaki! Hindi ninyo dapat pagdusahan ang sakit o ang paghihirap na dulot ng mga sakuna. Inaasam Kong dumating na kayo sa tamang gulang at, sa lalong madaling panahon, akuin ang pasanin na nakaatang sa Aking mga balikat. Bakit hindi ninyo nauunawaan ang Aking kalooban? Ang gawain sa hinaharap ay magiging pabigat nang pabigat. Napakatigas ba ng inyong mga puso para hayaan ninyo Akong abalang-abala, na kailangang mag-isang nagpapagal nang labis? Mas lilinawan Ko pa ang Aking sinasabi: Yaong gugulang ang mga buhay ay papasok sa kanlungan, at hindi magdurusa ng pighati o paghihirap; yaong hindi gugulang ang mga buhay ay dapat magdusa ng pighati at kapahamakan. Malinaw ang Aking mga salita, hindi ba?

Dapat umabot ang Aking pangalan sa lahat ng direksyon at lahat ng dako, upang maaaring malaman ng bawat isa ang Aking banal na pangalan at makilala Ako. Ang mga tao sa lahat ng antas ng pamumuhay sa Estados Unidos, Japan, Canada, Singapore,

sa Soviet Union, Macau, Hong Kong at iba pang mga bansa ay agad na magsisiksikan sa Tsina, maghahanap sa totoong daan. Ang Aking pangalan ay napatotohanan na sa kanila; ang natitira na lamang ay ang gumulang kayo sa lalong madaling panahon, upang maaari ninyo silang akayin at pangunahan. Ito ang dahilan kung bakit sinasabi Ko na mas marami pang higit na gawain na kailangang gawin. Malawak na lalaganap ang pangalan Ko pagsibol ng mga sakuna, at kung hindi kayo maingat, mawawala sa inyo ang bahagi na para sa inyo. Hindi ba kayo natatakot? Umaabot ang Aking pangalan sa lahat ng relihiyon, lahat ng antas ng pamumuhay, lahat ng bansa, at lahat ng denominasyon. Ito ang paggawa ng Aking gawain sa isang maayos na paraan, nang malapit na magkakaugnay; nangyayari ang lahat ng ito ayon sa Aking marunong na pagsasaayos. Ang inaasam Ko lamang ay na kaya ninyong sumulong sa bawat hakbang, nang malapit na sinusundan ang Aking mga yapak.

Kabanata 66

Ang Aking gawain ay nagpatuloy na hanggang sa kasalukuyang yugto, at lahat ng ito ay sumunod sa matalinong pagsasaayos ng Aking kamay, at lahat ng ito ay naging malaking tagumpay Ko. Sino sa sangkatauhan ang makagagawa ng ganoong bagay? Hindi ba't sa halip ay inaabala ng mga tao ang Aking pamamahala? Gayunpaman, dapat mong malaman na walang sinumang makagagawa ng Aking gawain kapalit Ko, lalo na ang hadlangan ito, sapagkat wala ni isang tao na makapagsasabi o makagagawa ng mga bagay na Aking ginagawa at sinasabi. Bagamat ganito, ang mga tao ay hindi pa rin Ako nakikilala, Ako na ang marunong na Makapangyarihang Diyos! Hindi kayo maglalakas-loob na lantarang labanan Ako sa labas, datapwat nilalabanan ninyo Ako sa inyong mga puso at sa inyong mga isipan. Mga hangal! Hindi ba ninyo alam na Ako ang Diyos na nagbabantay sa kaibuturan ng puso ng tao? Hindi mo ba alam na binabantayan Ko ang bawat salita at gawa mo? Sinasabi Ko ito sa iyo: Hindi na kailanman muling bibigkas ang Aking mga labi ng banayad na mga salita. Sa halip, ang Aking mga salita ay lahat magiging mga salita ng mabagsik na paghatol, at Aking titingnan kung kaya mong tiisin ang mga iyon o hindi. Mula ngayon, ang mga taong hindi malapit sa Akin ang puso—ibig sabihin iyong mga walang taos na pag-ibig para sa Akin—ang mga lantarang lumalaban sa Akin.

Sa kasalukuyan, ang gawain ng Banal na Espiritu ay dumating na sa puntong ang dating pamamaraan ay hindi na gagamitin; sa halip, isang bagong pamamaraan ang ginagamit. Ang mga hindi nakikipagtulungan sa Akin nang positibo at masigasig ay babagsak sa Hades, na isang bangin ng kamatayan (at ang mga taong ito ay mapapahamak magpakailanman). Ang bagong pamamaraan ay ang sumusunod: Kung ang iyong puso at isipan ay hindi tama, sasapit sa iyo ang Aking paghatol agad-agad. Kasama rito ang pagkapit sa sanlibutan, kayamanan, pamilya, asawang lalaki, asawang

babae, mga anak, mga magulang, pagkain at pag-inom, mga kasuotan, at lahat ng gayong bagay na hindi kabilang sa espirituwal na dako. Ang kaliwanagan ng mga banal ay magiging lalo't lalong kita; ibig sabihin, ang mga damdamin ng buhay ay magiging lalo't lalong halata at magiging patuloy sa pagkilos. Sinumang nagsasanhi ng kaliit-liitan mang pagkaantala ay magdurusa ng malagim na pagbagsak, at maiiwanan nang napakalayo sa daang-takbuhan ng buhay. Ang mga walang pakialam, na hindi naghahanap nang may pag-aalay ay Aking lubusang iiwan at babalewalain Ko silang lahat nang walang pagtatangi. Sila ay gagawing manlupaypay sa mga sakuna sa loob ng isanlibong taon. Iyon namang mga marubdob na naghahanap—ibig sabihin, iyong mga laging nang-aabala—Aking aalisin ang kanilang kamangmangan at gagawin Ko silang tapat sa Akin. Bukod pa roon, magkakaroon sila ng karunungan at katalinuhan, at sa gayon ay maghahanap sila nang may higit pang pananampalataya. Aking dinodoble ang Aking mga pagpapala sa lahat ng Aking panganay na mga anak at ang Aking pagmamahal ay dumarating sa inyo sa lahat ng sandali. Binabantayan Ko kayo at pinangangalagaan kayo sa lahat ng sandali at hindi Ko kayo pababayaang mahulog sa bitag ni Satanas. Nasimulan Ko nang ilunsad ang Aking gawain sa gitna ng lahat ng tao; ibig sabihin, nagdagdag na Ako ng isa pang proyektong gawain. Ang mga ito ang maglilingkod kay Cristo sa loob ng isanlibong taon, at napakalaking bilang ng mga tao ang dadagsa sa Aking kaharian.

Aking mga anak, dapat ninyong patindihin ang inyong pagsasanay. Maraming gawain ang naghihintay sa inyo, gawain na dapat ninyong gawin at tapusin. Hinihiling Ko lamang na magmadali na kayong gumulang, upang matapos ninyo ang gawain na Aking ipinagkatiwala sa inyo. Ito ang inyong banal na pananagutan, at ito ang tungkulin na dapat gawin ninyong Aking panganay na mga anak. Pangangalagaan Ko kayo hanggang sa marating ninyo ang katapusan ng landas at pangangalagaan Ko kayo nang sa gayon ay makapagtamasa kayo ng kaligayahan kasama Ko magpakailanman! Bawat isa sa inyo ay dapat na magkaroon ng kabatiran sa katotohanang nagsaayos Ako ng maraming sakripisyo at maraming kapaligiran, lahat upang gawin kayong perpekto. Alam ninyong lahat ng ito ay Aking mga pagpapala, hindi ba? Kayong lahat ay Aking minamahal na mga anak. Hangga't taos-puso ninyo Akong minamahal, hindi Ko iiwan ni isa man sa inyo—bagamat nakasalalay ito sa kung kaya ninyo o hindi na maayos na makipagtulungan sa Akin.

Kabanata 67

Ang Aking mga anak ay humaharap nang hayagan at sa lahat ng tao. Marahas Kong kakastiguhin ang sinumang maghahamong salungatin sila nang hayagan; tinitiyak Ko iyan. Ngayon, lahat ng yaong nakakabangon at nakakapagpastol sa iglesia ay naabot na ang katayuan ng mga panganay na anak, at kasama Ko na ngayon sa kaluwalhatian—ang

lahat ng Akin ay sa inyo rin. Masaganang biyaya ang ipinagkakaloob Ko sa lahat ng sumusunod sa Akin nang tapat, nang maaari kang maging malakas, higit pa sa lakas ng ibang tao. Ang Aking kalooban sa kabuuan nito ay nasa inyo, mga panganay na anak, at nais Ko lamang na kayo ay gumulang pa sa lalong madaling panahon at matapos na ninyo yaong Aking ipinagkatiwala sa inyo. Alamin ninyo ito! Iyang Aking ipinagkakatiwala sa inyo ay ang katapusang proyekto ng Aking plano ng pamamahala. Inaasahan ko lamang na makakayanan ninyong ialay ang iyong buong pagkatao sa Akin, kasama ng iyong buong puso, isip at lakas, at gugulin ang lahat ng ito para sa Akin. Hindi talaga naghihintay ang panahon para kaninuman, at walang sinuman, pangyayari, o bagay na makapipigil sa Aking gawain. Alamin ninyo ito! Sa bawat hakbang, ang Aking gawain ay umuunlad nang maayos, nang walang balakid.

Ang mga yapak Ko ay lumalakad sa buong sansinukob at hanggang sa mga dulo ng mundo, laging sinusuri ng Aking mga mata ang bawat isang tao, at, bukod pa roon, pinagmamasdan Ko ang sansinukob bilang isang kabuuan. Ang Aking mga salita ay kumikilos sa bawat sulok ng sansinukob. Sinuman ang naghahamong huwag Akong paglingkuran, sinuman ang naghahamong hindi maging tapat sa Akin, sinumang naghahamong magbigay ng hatol sa Aking pangalan, at sinumang naghahamong mang-alimura at manirang-puri sa Aking mga anak—yaong mga tunay na may kakayahang gumawa ng ganyang mga bagay ay dapat na makaranas ng matinding paghatol. Ang Aking paghatol ay mangyayari nang lubusan, na nangangahulugan na ngayon ay ang kapanahunan ng paghatol, at, sa pamamagitan ng masusing obserbasyon, matutuklasan mo na ang Aking paghatol ay sumasaklaw sa kabuuan ng sansinukob. Mangyari pa, ang Aking tahanan ay hindi maliliban; yaong may mga kaisipan, mga salita, o mga kilos na hindi tumatalima sa Aking kalooban ay hahatulan. Unawain ninyo ito! Ang Aking paghatol ay nakadirekta sa buong mundo ng sansinukob, hindi lamang sa isang grupo ng mga tao o mga bagay. Ito ba ay napagtanto mo na? Kung sa kaibuturan mo ay nag-aalangan ka sa mga saloobin mo tungkol sa Akin, mahahatulan kaagad ang iyong kalooban.

Ang Aking paghatol ay dumarating sa lahat ng hugis at anyo. Alamin ninyo ito! Ako ang natatangi at marunong na Diyos ng mundo ng sansinukob! Wala nang hihigit pa sa Aking kapangyarihan. Ang Aking mga paghatol ay pawang naibubunyag sa inyo: Kung nag-aalangan kayo sa Akin sa inyong isipan, liliwanagan kita, bilang isang babala. Kung hindi ka makinig, agad kitang iiwan (dito, hindi Ko tinutukoy ang pagdududa sa Aking pangalan, kundi ang mga panlabas na kagawiang may kaugnayan sa mahahalay na kaluguran). Kung ang iyong mga saloobin sa Akin ay mapanlaban, kung nagrereklamo ka sa Akin, kung paulit-ulit mong tinatanggap ang mga ideya ni Satanas, at kung hindi mo sinusunod ang mga damdamin ng buhay, ang iyong espiritu ay mapupunta sa kadiliman at ang iyong laman ay magdurusa ng sakit. Dapat na mas malapit ka sa Akin. Imposibleng maibalik mo ang iyong normal na kalagayan sa isa o dalawang araw lamang, at ang iyong buhay ay mahahalatang unti-unting babagsak. Yaon namang masasamang magsalita, didisiplinahin Ko ang inyong mga bibig at dila, at isasailalim Ko ang mga dila

ninyo sa pakikitungo. Yaong mga hindi mapigil sa masasamang gawa ay Aking babalaan sa inyong mga espiritu, at yaong mga hindi nakikinig ay kakastiguhin Ko nang matindi. Yaong hayagang humahatol at lumalaban sa Akin, ibig sabihin yaong nagpapakita ng pagsuway sa salita o sa gawa, Akin silang aalisin at iiwan nang lubusan, dahilan upang mapahamak sila at mawalan ng mga pangunahing biyaya; ito ang mga tatanggalin pagkatapos mapili. Yaong mga mangmang, ibig sabihin yaong may mga pangitain na hindi malinaw, liliwanagan Ko pa sila at ililigtas; ngunit yaong nakakaintindi ng katotohanan subalit hindi isinasagawa ito ay pangangasiwaan alinsunod sa mga nasabing tuntunin, mangmang man sila o hindi. Samantalang yaong mga tao na ang mga intensyon ay mali na sa simula pa lamang, titiyakin Kong hindi nila kakayaning makaunawa ng realidad kailanman, at, kalaunan, sila ay aalisin nang unti-unti, isa-isa. Walang maiwan, bagama't mananatili sila ngayon sa pamamagitan ng Aking pagsasaayos (sapagkat hindi Ako gumagawa ng mga bagay nang padalos-dalos, ngunit manapa'y sa isang maayos na kayarian).

Ang Aking paghatol ay ibinubunyag nang lubusan; ipinahahatid ito sa iba't ibang tao, na kinakailangang magsiluklok lahat sa kanilang tamang mga lugar. Pangangasiwaan at hahatulan Ko ang mga tao alinsunod sa kung aling tuntunin ang kanilang nilabag. Samantalang yaong wala sa ngalang ito at hindi tumatanggap kay Cristo ng mga huling araw, iisang tuntunin lamang ang inilalapat: Babawiin Ko agad ang mga espiritu, kaluluwa at katawan ng sinumang sumusuway sa Akin at itatapon sila sa Hades; ang sinumang hindi sumusuway sa Akin, hihintayin Ko kayong gumulang bago isagawa ang isang pangalawang paghatol. Ipinapaliwanag ng Aking mga salita ang lahat nang buong linaw at walang itinatago. Nais Ko lamang na palagi ninyong isaisip ang mga ito!

Kabanata 68

Ipinatutupad ang Aking salita sa bawat bansa, dako, bayan at denominasyon, at natutupad ito sa bawat sulok sa anumang panahon. Ang mga sakunang nangyayari sa lahat ng dako ay hindi mga labanan sa pagitan ng mga tao, ni mga away na ginagamitan ng mga sandata. Hindi na magkakaroon ng mga digmaan pagkatapos. Lahat ay nasa loob ng Aking pagkakahawak. Lahat ay haharap sa Aking paghatol at masasadlak sa gitna ng sakuna. Hayaan ang mga lumalaban sa Akin, pati na ang mga hindi nagkukusang makipagtulungan sa Akin, na magdusa ng pasakit ng iba't ibang sakuna; hayaan silang manangis at magngalit ang mga ngipin hanggang sa kawalang-hanggan, at manatili sa kadiliman magpakailanman. Hindi sila makaliligtas. Kumikilos Ako na may katapatan at kaliksihan, at hindi Ko isinasaalang-alang kung gaano ka na naging tapat sa Akin noong nakaraan; hangga't lumalaban ka sa Akin, kaagad pakakawalan sa iyo ng Aking kamay ng paghatol ang poot nang wala ni anumang pagkaantala—ni isang saglit—at nang wala ni katiting na awa. Sinasabi Ko na mula't sapul pa na Ako ang Diyos

na tumutupad sa Kanyang sinasabi. Bawat salitang sinasabi Ko ay matutupad, at ipakikita Ko sa inyo ang bawat isa sa mga ito. Ito talaga ang ibig sabihin ng pagpasok sa realidad sa lahat.

Ang matitinding sakuna ay tiyak na hindi sasapit sa Aking mga anak, na Aking minamahal; aalagaan Ko ang Aking mga anak bawat saglit at bawat sandali. Tiyak na hindi ninyo kakailanganing magtiis ng matinding sakit at pagdurusa. Sa halip, ito ay para gawing perpekto ang Aking mga anak at tuparin ang Aking salita sa kanila. Bilang resulta, maaari ninyong makilala ang Aking walang hanggang kapangyarihan, lalo pang lumago sa buhay, mas maagang balikatin ang mga pasanin para sa Akin, at itataga ang inyong buong sarili para sa kaganapan ng Aking plano ng pamamahala. Dapat kayong magbunyi nang may saya at ligaya dahil dito. Ipapasa Ko sa inyo ang lahat, na tutulutan kayong mamahala; ilalagay Ko ito sa inyong mga kamay. Kung totoong minamana ng isang anak na lalaki ang buong lupain ng kanyang ama, gaano pa kaya mas katotoo ito sa inyo, Aking mga panganay na anak? Talagang pinagpala kayo. Sa halip na magdusa ng matitinding sakuna, tatamasahin ninyo ang walang-hanggang mga pagpapala. Anong kaluwalhatian! Anong kaluwalhatian!

Bilisan ninyo at sundan ang Aking mga yapak sa lahat ng oras at sa lahat ng dako; huwag kayong mapag-iwanan. Hayaan ninyo ang mga puso ninyo na sumunod sa puso Ko at hayaan ninyo ang mga isip ninyo na sumunod sa isip Ko. Makipagtulungan sa Akin na may isang puso at isang isip. Kumaing kasama Ko, mamuhay kasama Ko, at masiyahang kasama Ko. Naghihintay ang mga kamangha-manghang pagpapala para matamasa at makuha ninyo. Mayroong lubhang di-matutumbasang kasaganaan sa loob Ko. Wala kahit katiting nito ang naihanda na para sa kaninupamang iba; ginagawa Ko ito lahat-lahat para sa Aking mga anak.

Ngayon, ang nasa isip Ko ang siyang matutupad. Sa sandaling natapos na Akong magsalita sa inyo, ang mga bagay na iyon ay naganap na. Talagang nagpapatuloy ang gawain nang ganoon kabilis at nagbabago ito anumang sandali. Kung ang inyong pansin ay malihis kahit saglit lang, magaganap ang isang “sentripugal” na pangyayari at maitatapon kayo nang napakalayo, at maaalis kung gayon mula sa agos na ito. Kung hindi kayo masigasig na maghahanap, magiging sanhi kayo na mapunta sa wala ang Aking matiyagang pagsisikap. Sa hinaharap, dadagsa ang mga tao mula sa iba’t ibang bansa anumang oras: Sa inyong kasalukuyang antas, makakaya ba ninyong pangunahan sila? Lubusan Ko kayong sasanayin na maging mabubuting kawal sa loob nang maikling panahong ito upang matupad ang ibinigay Kong gawain. Ninanais Kong luwalhatiin ninyo ang Aking pangalan sa lahat ng aspeto at kamangha-manghang magpatotoo sa Akin. Hayaan ang kanilang mga kinamumuhian na tumindig sa ibabaw nila ngayon upang pangunahan at pamunuan sila. Nauunawaan ba ninyo ang Aking mga layunin? Natanto na ba ninyo ang Aking matiyagang pagsisikap? Ginagawa Ko ang lahat ng ito para sa inyo. Nakasalalay lamang ito sa kung kaya ninyong matamasa ang Aking mga pagpapala o hindi.

Ako, ang Diyos na nagsasaliksik sa isip at puso ng sangkatauhan, ay naglalakbay hanggang sa mga dulo ng mundo. Sinong mangangahas na hindi gumawa ng serbisyo sa Akin? Matindi ang alitan sa pagitan ng lahat ng bansa at mapait silang nakikibaka, ngunit sa bandang huli, hindi sila makatatakas mula sa Aking pagkakahawak. Talagang hindi Ko sila pakakawalan nang ganoon kadali. Dadalhin Ko sila isa-isa sa paghatol batay sa kanilang mga pagkilos, mga katayuan sa lupa, at mga kasiyahan sa lupa. Wala Akong paliligtasin. Nagsimula nang mabunyang ang Aking poot at lahat ng ito ay sasapit sa kanila. Lahat ay matutupad sa kanila isa-isa, at lubusan nila itong idinulot sa kanilang mga sarili. Ang mga taong bigong makakilala sa Akin o kinamuhian Ako noong nakaraan ay haharap ngayon sa Aking paghatol. Para naman sa mga umusig sa Aking mga anak, talagang kakastiguhin Ko sila ayon sa mga sinabi at ginawa nila noon. Hindi Ko paliligtasin maging ang mga bata; lahat ng mga taong ito ay kauri ni Satanas. Kahit na wala silang sinasabi o ginagawa, kung namumuhi sila sa Aking mga anak sa kanilang mga puso, hindi Ko paliligtasin ni isa man sa kanila. Ipakikita Ko sa kanilang lahat na tayo—ang pangkat na ito ng mga tao—ang namumuno at may kapangyarihan ngayon; tiyak na hindi sila. Dahil dito, lalong higit ninyong dapat italaga ang inyong sukdulang lakas at taimtim na gugulin ang inyong mga sarili para sa Akin, upang magluwalhati at magpatotoo kayo sa pangalan Ko sa bawat dako, sulok, relihiyon, at denominasyon, at palaganapin ito sa buong sansinukob at sa mga dulo ng mundo!

Kabanata 69

Kapag humayo ang Aking kalooban, ang sinumang nangangahas na tumutol at sinumang nangangahas na humatol o magduda, kaagad Kong itataboy. Ngayon, ang sinumang hindi kumikilos ayon sa Aking kalooban, o sinumang pagkamalian ang Aking kalooban, ay dapat palayasin at alisin mula sa Aking kaharian. Wala nang iba pa sa Aking kaharian; mga anak Ko ang lahat—mga taong minamahal Ko at isinasaalang-alang Ako. Higit pa rito, sila ang mga kumikilos ayon sa Aking salita at kayang maghari sa kapangyarihan sa Aking kapakanan upang hatulan ang lahat ng bansa at lahat ng tao. Bukod dito, pangkat sila ng mga panganay na anak na mga inosente at masisigla, payak at bukas, at parehas na matapat at marunong. Nabibigyang-katuparan ang Aking kalooban sa inyo, at natutupad sa inyo ang nais Kong magawa, na walang pagkakamali, ganap na bukas at bunyang. Nasimulan Ko nang iwan ang mga may maling layunin at pakay, at isa-isa Ko silang pababagsakin. Wawasakin Ko sila isa-isa hanggang sa hindi na sila mabubuhay—at lahat ng ito ay tumutukoy sa kanilang mga espiritu, sa kanilang mga kaluluwa, at sa kanilang katawan.

Unawain na kung ano ang mga ginagawa ng Aking kamay—tinutulungan ang mahirap, inaalagaan at iniingatan ang mga nagmamahal sa Akin, inililigtas ang mga walang muwang at masigasig na hindi nanggagambala sa Aking pamamahala,

pinarurusahan ang mga lumalaban sa Akin at ang mga hindi aktibong nakikipagtulungan sa Akin—isa-isang mapapatotohanan ang lahat ng ito ayon sa Aking mga pahayag. Ikaw ka ba talaga’y nagmamahal sa Akin? Ikaw ba’y matapat na gumugugol ng iyong sarili para sa Akin? Ikaw ba’y nakikinig sa Aking salita at kumikilos nang naaayon dito? Ikaw ba’y lumalaban sa Akin, o ikaw ba’y umaayon sa Akin? Sa kaibuturan mo, mayroon ka bang malinaw na ideya sa mga bagay na ito? Masasagot mo ba ang bawat isa sa mga bagay na Aking sinabi? Kung hindi, kung gayon ay isa kang taong masigasig na naghahanap ngunit hindi nauunawaan ang Aking kalooban. Ang ganitong uri ng tao ang pinakamadaling manggambala sa Aking pamamahala at pagkakamalian ang Aking kalooban. Kung magkaroon sila ng hindi wastong layunin kahit na sa isang saglit, mapapasailalim sila sa Aking pagpapalayas at pagwasak.

Sa loob Ko, mayroong mga walang katapusang hiwagang hindi maaarok. Isa-isa Kong ibubunyag ang mga ito sa mga tao, alinsunod sa Aking plano. Ibig sabihin, ibubunyag Ko ang mga ito sa Aking mga panganay na anak. Pahihintulutan Ko na lamang na sumabay sa agos ang mga di-mananampalataya at ang mga sumasalungat sa Akin; ngunit sa huli ay kailangan Kong ipaunawa sa kanila na Ako ang kamahalan at paghatol. Alam lamang ng mga di-mananampalataya ngayon kung ano ang nangyayari sa kanilang harapan, ngunit hindi nila alam ang Aking kalooban. Ang mga anak Ko lamang—ang mga taong minamahal Ko—ang nakaaalam at nakauunawa sa Aking kalooban. Hayagan Akong nabubunyag sa Aking mga anak; kay Satanas, Ako ang kamahalan at paghatol, at hinding-hindi natatago. Sa panahong ito, tanging ang mga panganay Kong anak ang karapat-dapat makaalam sa Aking kalooban; walang ibang nararapat—at nauna Ko nang isinaayos ang lahat ng ito bago ang paglikha. Maaga Kong isinaayos nang angkop kung sino ang pagpapalain at kung sino ang hahagupitin; naging malinaw Ako tungkol dito, at lubusan na itong maipamalas sa ngayon: Ang mga pinagpala ay nagsimula nang matamasa ang kanilang mga pagpapala, habang ang mga hinagupit ay nagsimula nang magdusa ng sakuna. Hahagupitin pa rin ang mga ayaw mahagupit, dahil ito ang itinalaga Ko at ito ang isinaayos ng Aking mga kamay ng mga atas administratibo. Anong uri ba talaga ng tao ang pinagpapala, at anong uri ng tao ang hinahagupit? Naibunyag Ko na ang mga bagay na ito; hindi ito isang hiwaga sa inyo, at sa halip ay lantad na ito: Ang mga tumatanggap sa Akin ngunit mayroong maling mga layunin; ang mga tumatanggap sa Akin ngunit hindi Ako hinahanap; ang mga nakakikilala sa Akin ngunit hindi sumusunod sa Akin; ang mga nakikisangkot sa mga kabuktutan at pagtataksil upang linlangin Ako; ang mga nagbabasa ng Aking mga salita ngunit nagbubuga ng mga negatibong bagay, at ang mga hindi kilala ang kanilang mga sarili, ang mga hindi alam kung ano sila, ang mga tumuturing sa sarili nilang dakila, at mga nag-aakalang naabot na nila ang tamang gulang (ang halimbawa ni Satanas)—lahat ng ganitong tao ang mga pakay ng paghagupit. Ang mga taong tinatanggap Ako at may mga layuning para sa Aking kapakanan (at, kung lilikha sila ng mga paggambala, hindi Ko aalalahanin ang kanilang mga pagsuway—ngunit tama dapat ang kanilang mga layunin, at palagi dapat

silang mag-ingat, maingat, at hindi mahalay; at palagi dapat silang magtataglay ng kaloobang makinig sa Akin at sumunod sa Akin); ang mga dalisay; ang mga bukas; ang mga matapat; ang mga malaya sa kontrol ng anumang tao, bagay, o usapin; at ang mga mukhang bata ang anyo kahit nasa hustong pag-iisip na sa buhay—ang mga ito ang Aking minamahal, mga pakay ng Aking pagpapala. Ngayon, malalagay ang bawat isa sa inyo sa kanilang angkop na lugar ayon sa inyong kalagayan. Dagdag pa rito, malalaman mo kung ikaw ay pinagpapala o hinahagupit; hindi Ko na kailangang sabihin ito nang malinaw. Dapat magbunyi at magsaya ang mga pinagpala, samantalang hindi dapat mabagabag ang mga magdurusa ng paghagupit. Parehas silang isinaayos ng Aking kamay, ngunit hindi dapat Ako ang sisihin: Sa halip, ang sarili mong kakulangan ng aktibong pakikipagtulungan sa Akin, at ang iyong pagkabigong maunawaang Ako ang Diyos na sinisiyasat ang kaloob-loobang puso ng tao. Ito ang nauna Ko nang napagpasiyahan, at napinsala mo ang iyong sarili dahil sa sarili mong mga walang kuwentang pandaraya; ikaw ang gumawa nito sa iyong sarili! Ang magiging paghulog sa iyo sa Hades ay hindi pagmamaltrato sa iyo! Ito ang iyong katapusan; ito ang iyong kinalabasan!

Mga pinagpalang panganay na anak! Kaagad tumindig at magbunyi! Kaagad tumindig at magpuri! Mula ngayon, hindi na magkakaroon ng pait at wala nang pagdurusa; lahat ay nasa mga kamay natin. Ang sinumang may pag-iisip na kaisa ng sa Akin ay isang taong minamahal Ko, at hindi kailangang magdusa ng sakuna. Anumang nais ng puso mo, tutuparin Ko ito (ngunit hindi ito maaaring walang pagpipigil), ito ang gawain Ko.

Kabanata 70

Na ang Aking mga misteryo ay ibinubunyag at bukas na namamalas, at hindi na nakatago, ay lubusang dahil sa Aking biyaya at awa. Higit pa rito, na ang Aking salita ay lumilitaw sa gitna ng mga tao, at hindi na natatakpan, ay dahil din sa Aking biyaya at awa. Mahal Ko ang lahat na taos-pusong gumugugol ng kanilang mga sarili para sa Akin at inilalaan ang kanilang mga sarili sa Akin. Galit Ako sa mga isinilang mula sa Akin pero hindi Ako kilala, at lumalaban pa sa Akin. Hindi Ko tatalikuran ang sinuman na taos-pusong para sa Akin; sa halip, dodoblehin Ko ang mga pagpapala ng taong iyon. Parurusahan Ko nang doble yaong mga walang utang na loob at lumalabag sa Aking kabaitan, at hindi Ko sila basta hahayaan nang ganoon na lamang. Sa Aking kaharian, walang kabuktutan o panlilinlang, at walang kamunduhan; iyon ay, walang amoy ng bangkay. Sa halip, ang lahat ay pagkamatuwid at katuwiran; ang lahat ay pagkabusilak at katapatan, na walang nakatago o lingid. Ang lahat ay sariwa, ang lahat ay kasiyahan, at ang lahat ay pagpapahusay. Ang sinumang nangangamoy-patay pa rin ay hindi maaaring manatili sa Aking kaharian, at sa halip ay pamumunuan ng Aking bakal na pamalo. Ang lahat ng walang-katapusang misteryo, mula noong unang panahon

hanggang kasalukuyan, ay ganap na ibinubunyag sa inyo—ang pangkat ng mga taong nakamit Ko sa mga huling araw. Hindi mo ba nararamdamang pinagpala ka? Higit pa rito, ang mga araw kung kailan lantarang ibubunyag ang lahat ay ang mga araw kung kailan kayo'y magiging bahagi ng Aking paghahari.

Ang pangkat ng mga taong tunay na naghahari ay umaasa sa Aking predestinasyon at pagpili, at ganap na walang kalooban ng tao rito. Ang sinumang nangangahas na makibahagi rito ay kailangang makaranas ng pagpaparusa mula sa Aking kamay, at ang gayong mga tao ay magiging pakay ng Aking nag-aalab na poot; ito ay isa pang panig ng Aking katuwiran at kamahalan. Nasabi Ko nang pinaghaharian Ko ang lahat ng bagay, Ako ang marunong na Diyos na may hawak ng buong kapangyarihan, at Ako ay mahigpit sa lahat; ganap Akong walang awa, at ganap na walang personal na damdamin. Tinatrato Ko ang lahat (kahit na gaano siya kahusay magsalita, hindi Ko siya bibitawan) gamit ang Aking katuwiran, pagkamatuwid, at kamahalan, habang binibigyang-kakayahan ang lahat na makita nang mas malinaw ang pagiging kamangha-mangha ng Aking mga gawa, pati na rin ang kahulugan ng Aking mga gawa. Isa-isa, pinarusahan Ko ang masasamang espiritu para sa lahat ng uri ng pagkilos na kanilang ginagawa, ibinubulid silang isa-isa sa walang-hanggang kalaliman. Ang gawaing ito ay tinapos Ko bago nagsimula ang panahon, iniwan ang mga ito na walang posisyon, iniwan ang mga ito na walang lugar para gawin ang kanilang gawain. Wala sa Aking mga piniling tao—yaong mga paunang-itinadhana at pinili Ko—ang maaaring sapian ng masasamang espiritu kailanman, at sa halip ay laging magiging banal. Samantalang ang mga hindi paunang-itinadhana at napili, ipapasa Ko sila kay Satanas, at hindi Ko na sila hahayaang manatili. Sa lahat ng aspeto, nakapaloob sa Aking mga atas administratibo ang Aking katuwiran at Aking kamahalan. Wala Akong pakakawalan kahit isa sa mga kinikilusan ni Satanas, kundi itatapon sila kasama ang kanilang mga katawan sa Hades, dahil galit Ako kay Satanas. Hindi Ko ito basta-basta pakakawalan, kundi ganap itong wawasakin, hindi ito binibigyan ng bahagya mang pagkakataong gawin ang gawain nito. Ang lahat ng sinira na ni Satanas sa anumang paraan (iyon ay, ang mga layon ng sakuna) ay nasa ilalim ng mahusay na pagsasaayos ng Aking sariling kamay. Huwag mong isiping ito ay nangyari bunga ng kabangisan ni Satanas; alamin mo na Ako ang Makapangyarihang Diyos na namumuno sa buong sansinukob at sa lahat ng bagay! Para sa Akin, walang problemang hindi nalulutas, at lalo nang walang anumang bagay na hindi nagagawa o anumang salitang hindi nabibigkas. Ang mga tao ay hindi dapat kumilos bilang Aking mga tagapayo. Mag-ingat kang maibagsak ng Aking kamay at maitapon sa Hades. Sinasabi Ko ito sa iyo! Ang mga aktibong nakikipagtulungan sa Akin ngayon ay ang pinakamatatalino, at maiiwasan nila ang mga kawalan at matatakan ang sakit ng paghatol. Lahat ng ito ay Aking mga pagsasaayos, paunang-itinadhana Ko. Huwag kang magkomento nang bulgar at huwag kang magsalita nang pabalang, iniisip na ikaw ay napakagaling. Hindi ba't ang lahat ng ito ay sa pamamagitan ng Aking paunang pagtatadhana? Kayo, na magiging mga tagapayo Ko, ay mga walang hiya! Hindi ninyo

alam ang inyong sariling tayog; kung gaano ito kababa! Magkagayon man, akala ninyo ay maliit na bagay lamang ito, at hindi ninyo nakikilala ang inyong mga sarili. Lagi na lamang, hindi kayo nakikinig sa Aking mga salita, na nagsasanhi para mawalan ng kabuluhan ang Aking maiingat na pagsisikap, at hindi man lamang napapagtanto na ang mga ito ay mga pagpapamalas ng Aking biyaya at awa. Sa halip, sinusubukan ninyong ipakita ang inyong sariling katalinuhan nang paulit-ulit. Natatandaan niyo ba ito? Anong pagkastigo ang dapat matanggap ng mga tao na nag-aakalang napakagaling nila? Walang pakialam at hindi tapat sa Aking mga salita, at hindi isinasapuso ang mga ito, ginagamit ninyo Ako bilang pagpapanggap para gawin ang ganito at ganyan. Mga masasamang tao! Kailan ninyo makakayang ganap na isaalang-alang ang Aking puso? Wala kayong pagsasaalang-alang dito kaya't ang pagtawag sa inyo na "masasama" ay hindi pagmamaltrato sa inyo. Talagang bagay na bagay ito sa inyo!

Ngayon, ipinakikita Ko sa inyo, isa-isa, ang mga bagay na dati ay nakatago. Ang malaking pulang dragon ay itinatapon sa walang-hanggang kalaliman at lubusang winawasak, dahil talagang walang kuwentang panatilihin pa ito; ibig sabihin ay hindi nito napagsisilbihan si Cristo. Pagkatapos nito, mawawala na ang mga pulang bagay; unti-unti, magugunaw ang mga ito hanggang sa mawala. Ginagawa Ko ang sinasabi Ko; ito ang kaganapan ng Aking gawain. Alisin ang mga pantaong kuru-kuro; lahat ng nasabi Ko, Aking nagawa. Ang lahat ng nagmamarunong ay nagdadala lang ng kapahamakan at pagkadusta sa kanilang sarili, at ayaw mabuhay. Samakatuwid, bibigyang-kasiyahan Kita, at tiyak na hindi Ko pananatilihin ang mga gayong tao. Pagkatapos nito, ang populasyon ay aangat sa kahusayan, habang ang mga di-aktibong nakikipagtulungan sa Akin ay tatangayin papunta sa kawalan. Ang mga sinang-ayunan Ko ay silang mga gagawin Kong perpekto, at wala Akong itatakwil ni isa. Walang mga pagsasalungatan sa Aking sinasabi. Ang mga hindi aktibong nakikipagtulungan sa Akin ay magdurusa ng higit pang pagkastigo, bagaman, sa kahuli-hulihan ay tiyak na ililigtas Ko sila. Gayunpaman, pagdating ng panahong iyon, ang lawak ng kanilang mga buhay ay magiging iba. Gusto mo bang maging ganoong tao? Bumangon ka at makipagtulungan sa Akin! Tiyak na hindi Ko tatrathuhin nang masama ang sinumang matapat na gumugugol ng kanilang mga sarili sa Akin. Sa mga yaon naman na taos-pusong naglalaan ng kanilang mga sarili sa Akin, ipagkakaloob Ko ang lahat ng Aking pagpapala sa iyo. lalay mo nang lubusan ang iyong sarili sa Akin! Kung ano ang iyong kinakain, kung ano ang iyong isinusuot, at ang iyong kinabukasan ay lahat nasa Aking mga kamay; isasaayos Ko ang lahat nang tama, upang magkaroon ka ng walang-humpay na pagtatamasa, na hindi mo mauubos kailanman. Ito ay dahil sinabi Ko, "Sa mga taong taos-pusong gumugugol para sa Akin, ikaw ay tiyak na labis Kong pagpapalain." Ang lahat ng pagpapala ay darating sa bawat taong taos-pusong gumugugol ng kanyang sarili para sa Akin.

Kabanata 71

Ipinamalas Ko ang lahat ng Aking sarili sa inyong lahat, ngunit bakit hindi ninyo magawang pagnilayan ang Aking mga salita nang inyong buong puso at kaluluwa? Bakit itinuturing ninyong basura ang Aking mga salita? Mali ba ang Aking sinasabi? Tinamaan ba ng Aking mga salita ang inyong mga kahinaan? Patuloy kayong nagpapaliban at nag-aatubili. Bakit kayo kumikilos nang ganito? Hindi ba malinaw ang Aking pagkakasabi? Napakaraming beses Ko nang sinabi na dapat na pagnilayan nang mabuti ang Aking mga salita, at dapat na pagtuunan nang husto ang mga ito. Mayroon ba sa inyo na masunurin at nagpapasakop na mga anak? Nawalan ba ng saysay ang Aking mga salita? Wala ba ni anumang bisa ang mga ito? Gaano kabuo kang makakaayon sa Aking kalooban? Kung ikaw ay humahayo nang hindi napagsasabihan, kahit isang sandali lamang, ikaw ay magiging talipandas at hindi mapipigilan. Kung hindi Ko sasabihin nang malinaw kung paano kumilos at magsalita, maaari kayang sa kaibuturan mo ay wala kang magiging ideya? Hayaang sabihin Ko ito sa iyo! Siya na nagdurusa ng pagkalugi ay siya na masuwayin, hindi nagpapasakop, at hangal na naniniwala! Ang mga tao na hindi pinagtutuunan ng pansin ang Aking sinasabi at hindi nauunawaan ang mga detalye ay hindi makaaarok sa Aking mga layunin, ni hindi nila Ako magagawang paglingkuran. Ang ganitong mga tao ay iwawasto Ko at makararanas ng Aking paghatol. Ang hindi pag-unawa sa mga detalye ay pagiging sukdulang mapangahas at sadyang mapusok; kung kaya kinamumuhian Ko ang ganitong mga tao, at hindi Ako magiging mapagparaya sa kanila. Hindi Ako magpapakita sa kanila ng awa; ang ipapakita Ko lamang sa kanila ay ang Aking pagiging maharlika at paghatol. Tingnan mo kung gayon kung maglalakas-loob ka pa ring linlangin Ako. Ako ang Diyos na sumusuri sa kaibuturan ng puso ng tao. Dapat maging malinaw sa lahat ang puntong ito; kung hindi, gagawin lamang nila ang kanilang gawain sa kaswal na paraan at pakikitunguhan Ako nang walang ingat. Ito ang dahilan kung bakit ang ilang tao ay hinahagupit Ko nang hindi nila namamalayan. Sinabi Ko na hindi Ko pakikitunguhan ang sinuman nang hindi makatarungan, na hindi Ako gumagawa ng mali, at na lahat ng Aking ginagawa ay ayon sa matalinong pagsasaayos ng Aking kamay.

Ang Aking paghatol ay natuon sa lahat ng tao na hindi tunay na nagmamahal sa Akin. Sa panahong ito mismo nagiging malinaw kung sino ang Aking itinakda at pinili, at kung sino ang palalaysin. Ang lahat ng ito ay isa-isang ihahayag, at walang mananatiling nakatago. Lahat ng tao, pangyayari, at bagay ay nakatayo at umiiral upang isakatuparan ang Aking mga salita, at lahat ay abala na gawing totoo ang mga salita na binibigkas ng Aking bibig. Ako lamang ang namamahala sa sansinukob at sa mga sulok ng mundo. Hahagupitin Ko ang sinumang mangangahas na suwayin ang Aking mga salita o tumangging isagawa ang Aking mga gawa, na nagiging sanhi para masadlak sa Hades ang taong iyon at hindi na mabuhay pa. Lahat ng Aking salita ay naaangkop at wasto, at lubos na walang bahid ng karumihan. Ang inyo bang pananalita ay

maaaring maging katulad ng sa Akin? Kayo ay maligoy; wala kayong katuturan at hindi ipinapaliwanag nang malinaw ang inyong sarili—gayunman iniisip pa rin ninyo na nagkamit kayo ng ilang bagay, at na halos nakuha na ninyo ito. Hayaan mong sabihin Ko ito sa iyo! Kapag mas nasisiyahan sa sarili ang mga tao, mas malayo sila sa Aking mga pamantayan. Hindi sila nagpapakita ng pagsasaalang-alang sa Aking kalooban, at dinadaya nila Ako at sukdulang hindi iginagalang ang Aking pangalan! Napakawalang kahihyan! Hindi mo tinitingnan kung anong uri ng tayog ang mayroon ka. Napakahangal at mangmang mo!

Ang Aking mga salita ay patuloy na, at sa lahat ng aspeto ay, ipinapaalam ang mga bagay-bagay. Maaari kayang hindi mo pa rin ito nauunawaan? Hindi mo pa rin ba naiintindihan? Layunin mo bang biguin Ako? Ibangon ang iyong mga diwa, at ipunin ang iyong katapangan. Hindi Ko tinatrato nang hindi makatarungan ang sinumang nagmamahal sa Akin. Sinusuri Ko ang kaibuturan ng puso ng tao, at alam Ko ang lahat ng nasa loob ng puso ng lahat ng tao. Ang lahat ng bagay na ito ay isa-isang ibubunyag, at ang lahat ay Aking susuriin. Hindi Ko kailanman kakaligtaan ang sinumang tunay na nagmamahal sa Akin; silang lahat ay tatanggap ng mga pagpapala, at ang grupo ng mga panganay na anak na Aking itinakdang maging mga hari. Para sa mga hindi tunay na nagmamahal sa Akin, sila ang mga pupuntiryahin ng kanilang sariling mga panlalansi, at magdurusa ng kasawian; ito rin ay Aking itinakda. Huwag mag-alala; isa-isa Ko silang ibubunyag. Inihanda Ko nang mabuti ang gawaing ito nang maaga, at sinimulan Ko nang gawin ito. Ito ay ginagawang lahat sa maayos na paraan; hindi talaga ito magulo. Napagpasyahan Ko na kung sino ang pipiliin at kung sino ang aalisin. Isa-isa silang ibubunyag upang inyong makita. Sa mga panahong ito ay makikita ninyo kung ano ang ginagawa ng Aking kamay. Makikita ng lahat ng tao na ang Aking pagiging matuwid at maharlika ay hindi nagpapahintulot ng pagkakasala o paglaban mula sa sinuman, at ang sinumang nagkakasala ay parurusahan nang matindi.

Ako Siya na patuloy na nagsasaliksik sa kaibuturan ng puso ng lahat. Huwag lamang Akong tingnan mula sa panlabas. Mga taong bulag! Hindi kayo nakikinig sa mga salita na sinabi Ko nang napakalinaw, at hindi ninyo lamang Ako pinaniniwalaan—ang ganap na Diyos Mismo. Tiyak na hindi Ko hahayaan ang sinumang mangahas na manlinlang o magtago ng anumang bagay sa Akin.

Naaalala mo ba ang bawat isa sa Aking mga pagbigkas? “Ang makita Ako ay katulad ng pagkakita sa bawat nakatagong misteryo mula sa walang-katapusan hanggang sa walang-katapusan.” Napagnilayan mo na ba nang mabuti ang pahayag na ito? Ako ang Diyos, at ang Aking mga misteryo ay itinanghal upang makita ninyo. Hindi ba ninyo nakita ang mga ito? Bakit hindi ninyo Ako binibigyang-pansin? At bakit mo labis na sinasamba ang malabong Diyos na nasa iyong isipan? Paanong Ako—ang nag-iisang tunay na Diyos—ay makagagawa ng anumang mali? Pakaintindihin ito! Maging sigurado dito! Ang Aking bawat salita at kilos, ang bawat gawa at bawat galaw Ko, ang Aking pagngiti, ang Aking pagkain, ang Aking pananamit, ang lahat ng sa Akin ay ginawa ng

Diyos Mismo. Hinahatulan ninyo Ako: maaari kayang nakita na ninyo ang Diyos bago pa man Ako dumating? Kung hindi pa, bakit lagi mo Akong inihahambing sa iyong Diyos sa iyong isipan? Ito ay ganap na bunga ng mga kuru-kuro ng tao! Ang Aking mga kilos at pag-uugali ay hindi tumutugma sa iyong mga imahinasyon, hindi ba? Hindi Ko tinutulutan ang sinumang tao na ipalagay kung ang Aking mga kilos at pag-uugali ay tama o mali. Ako ang nag-iisang tunay na Diyos, at ito ang hindi mababago at hindi mapag-aalinlanganang katotohanan! Huwag maging biktima ng iyong sariling mga panlalansi. Tinukoy ito ng Aking mga salita nang may ganap na kalinawan. Walang kahit katiting na bahid ng pagiging tao sa Akin; ang lahat sa Akin ay ang Diyos Mismo, na lubos na ipinamalas sa inyo, nang wala ni isang bagay na nakatago!

Kabanata 72

Kung may matuklasan kang kakulangan o kahinaan sa iyong sarili, dapat kang kaagad na umasa sa Akin upang maalis ito sa iyo. Huwag itong ipagpaliban; kung hindi, magiging napakalayo sa iyo ng gawain ng Banal na Espiritu, at mapag-iiwanan ka nang napakalayo. Maisasakatuparan lamang ang gawaing ipinagkatiwala Ko sa iyo sa pamamagitan ng madalas mong paglapit, pagdarasal, at pakikipagbahaginan sa Aking presensya. Kung hindi mo gagawin ang mga bagay na ito, walang resultang matatamo, at magiging walang-kabuluhan ang lahat ng naisagawa na. Ang gawain Ko ngayon ay hindi tulad ng nakalipas; ang saklaw ng buhay sa mga taong minamahal Ko ay malaki ang pagkakaiba sa kung ano ito sa nakaraan. May malinaw silang lahat na pagkaunawa sa Aking mga salita, gayundin ng malalim na kabatiran sa mga ito. Ito ang pinakakapansin-pansin na aspeto, na siyang may higit na kakayahang sumalamin sa pagiging kamangha-mangha ng Aking gawain. Bumilis na ang tulin ng Aking gawain, at tiyak na naiiba sa nakaraan ang gawaing ito. Mahirap para sa mga tao na ilarawan ito sa isip, at higit pa rito ay imposible nilang maarok. Wala nang mahiwaga pa sa inyo; sa halip, naipaalam at naihayag na ang lahat. Ito ay malinaw, ito ay naihayag na, at, higit pa rito, ito ay lubusang walang bayad. Yaong mga minamahal Ko ay tiyak na hindi malilimitahan ng sinumang tao, ng anumang pangyayari, o bagay, o ng anumang espasyo o heograpiya; lalagpasan nila ang kontrol na iginigiit ng lahat ng kapaligiran at lilitaw mula sa laman. Ito ang pagtatapos ng Aking dakilang gawain. Wala nang anumang gagawin pa pagkaraan; lubusan itong matatapos.

Ang pagtatapos ng dakilang gawain ay binanggit nang may kinalaman sa lahat ng panganay na anak at sa lahat ng taong minamahal Ko. Pagkaraan nito, hindi kayo makokontrol ninuman, ng anumang pangyayari, o bagay. Maglalakbay kayo sa iba't ibang bansa sa sansinukob, babagtasin ang buong kosmos, at iiwan ang mga bakas ng inyong mga paa sa lahat ng dako. Huwag isipin na malayong-malayo pa itong maganap; isang bagay ito na magkakatotoo sa harapan ng inyong mga mata sa lalong madaling

panahon. Ipagkakatiwala sa inyo ang Aking ginagawa, at ang mga pook na aking nilakaran ay magkakaroon ng bakas ng inyong mga paa. Bukod pa rito, ito ang totoong kahulugan natin—kayo at Ako—na sama-samang namumuno bilang mga hari. Napagnilayan na ba ninyo kung bakit higit na lumilinaw ang mga paghahayag na ibinibigay Ko, at lalo't lalong nakikita, nang hindi naikukubli ni bahagya man? Bakit Ko pinatotohanan ang pinakamataas na patotoo, at inilahad ang lahat ng hiwagang ito at ang lahat ng salitang ito sa inyo? Ang dahilan ay wala nang iba pa kundi ang nabanggit nang gawain. Gayunpaman, napakabagal ng pagsulong ng inyong gawain sa kasalukuyan. Hindi kayo nakasasabay sa Aking mga hakbang, hindi ninyo kayang makipagtulungan sa Akin nang buong husay, at, sa ngayon, hindi pa rin ninyo kayang maisagawa ang Aking kalooban. Dapat Ko kayong sanayin nang higit na masidhi at pabilisin ang Aking pagkumpleto sa inyo, nang sa gayon ay makapagbigay-lugod kayo sa Aking puso sa lalong madaling panahon.

Sa kasalukuyan, ang pinakamaliwanag na bagay ay lubusan nang nabuo ang pangkat ng mga panganay na anak. Inaprubahan Ko silang lahat, at itinalaga at hinirang Ko pa nga mula sa paglikha ng sanlibutan. Itinaguyod ng Aking sariling kamay ang bawat isa. Walang puwang para sa anumang pagsasaalang-alang ng tao rito. Hindi mo ito kayang kontrolin. Huwag maging palalo; lahat ito ay Aking kabutihan at habag. Mula sa Aking perspektibo, naisakatuparan na ang lahat ng bagay. Napakalabo lamang talaga ng inyong mga mata, at kahit ngayon ay hindi ninyo magawang magkamit nang malinaw na pagtanaw sa pagiging kamangha-mangha ng Aking mga gawa. Wala sa inyo ang nagtataglay ng lubos na malinaw o totoong pang-unawa sa Aking pagiging makapangyarihan sa lahat, sa Aking karunungan, sa Aking bawat kilos, o sa Aking bawat salita at gawa. Dahil dito, malinaw Akong nagsasalita. Para sa Aking mga anak na lalaki, Aking mga minamahal, handa Akong magbayad ng lahat ng halaga, maghirap, at gugulin ang Aking sarili. Nakikilala mo ba Ako sa pamamagitan ng Aking mga salita? Kailangan mo ba Ako upang sabihin ang mga ito nang mas malinaw? Huwag nang maging talipandas; isaalang-alang ang Aking puso! Ngayong sinabi na sa inyo ang isang gayong kalaking hiwaga, anong masasabi ninyo? Mayroon pa ba kayong anumang hinaing? Kung hindi kayo magbabayad ng halaga at magpupursigi, magiging karapat-dapat ba kayo sa lahat ng pasakit na pinagdaanan Ko?

Hindi makontrol ng mga tao sa ngayon ang kanilang mga sarili. Ang pagmamahal sa Akin ay hindi lilitaw sa mga taong hindi Ko kinikilingan kahit pa gustuhin nila ito. Gayunman, hindi makatatakas ang mga taong itinalaga at hinirang Ko, gustuhin man nila; saan man sila magtungo, hindi nila maiiwasan ang Aking kamay. Gayon ang Aking pagiging maharlika at, higit pa, ang Aking paghatol. Dapat gawin ng lahat ng tao ang kanilang mga gawain ayon sa Aking plano at sa Aking kalooban. Mula sa araw na ito, lubusang magbabalik ang lahat ng bagay sa Aking mga kamay at hindi nila ito kayang kontrolin. Kinokontrol at isinasaayos Ko ang lahat ng bagay. Kung nakikilahok ang mga tao sa maliit na paraan, hindi Ko sila hahayaan nang gayun-gayon lamang. Simula

ngayon, hahayaan Ko ang lahat ng tao na magsimulang makilala Ako—ang tanging totoong Diyos, na lumikha ng lahat ng bagay, na pumaroon sa gitna ng mga tao at tinanggihan at siniraang-puri nila, na nagkokontrol at nagsasaayos ng bawat bagay sa kabuuan nito; ang Hari na namumuno sa kaharian; ang Diyos Mismo na nangangasiwa sa kosmos; at, higit pa riyan, ang Diyos na kumokontrol sa buhay at kamatayan ng mga tao at siyang humahawak sa susi ng Hades. Hahayaan Ko ang lahat ng tao (matanda, bata, may espiritu man sila o wala, at mga hangal man sila o hindi o may kapansanan, atbp.) na makilala Ako. Hindi Ko hahayaang di-sumali ang sinuman sa gawaing ito; ito ang pinakamatinding gawain, gawain na inihanda Ko nang mabuti at isinasagawa simula ngayon. Maisasakatuparan ang sinasabi Ko. Buksan ang iyong mga matang espirituwal, bitawan ang iyong sariling mga kuru-kuro, at kilalanin na Ako lamang ang tanging totoong Diyos na nangangasiwa ng sansinukob! Hindi Ako natatago kaninuman, at isinasagawa Ko ang Aking mga atas administratibo sa bawat isa.

Isaisantabi ang lahat ng bagay na pag-aari mo. Hindi ba't may higit na mataas na halaga, at lalong higit na makabuluhan ang mga bagay na iyong natatamo mula sa Akin? Hindi ba't may napakalaking pagkakaiba sa pagitan ng mga ito at ng iyong basura? Magmadali at ibasura ang lahat ng walang-silbing bagay! Pinagpapasyahan ngayon kung magtatamo ka ng mga pagpapala o haharap sa kasawian. Ito ay isang mahalagang sandali; ito ay ang pinakakritikal pa nga na sandali. Nakikita mo ba talaga ito?

Kabanata 73

Ang Aking mga salita ay kaagad na natutupad matapos Kong sabihin ang mga ito; ang mga ito ay hindi nagbabago kailanman at lubos na tama. Tandaan ito! Dapat ninyong maingat na isaalang-alang ang bawat salita at parirala mula sa Aking bibig. Maging higit na maingat, kung hindi ay magdurusa kayo ng kawalan at tatanggap lamang ng Aking paghatol, ng Aking poot, at ng Aking pagsunog. Kumikilos ngayon nang napakabilis ang Aking gawain, bagamat hindi ito magaspang; maselan itong pinino na hindi na ito nakikita ng mga mata, at hindi mahihipo ng mga kamay ng tao. Natatangi ang pagiging maselan nito. Hindi Ako kailanman bumigkas ng mga salitang walang saysay; lahat ng Aking sinasabi ay totoo. Dapat mong paniwalaan na ang bawat salita Ko ay totoo at tumpak. Huwag maging pabaya; ito ay isang napakahalagang sandali! Ang pagtatamo mo ng pagpapala o kasawian ay nakasalalay sa mismong sandaling ito, at ang pagkakaiba ay gaya ng langit at lupa. Kung pupunta ka man sa langit o sa Hades ay ganap na nasa Aking kontrol. Ang mga pupunta sa Hades ay nakikibaka sa kanilang huling naghihingalong pakikipagtunggali, samantalang ang mga pupunta sa langit ay dumaranas ng kanilang huling sandali ng pagdurusa at gumugugol para sa Akin sa huling pagkakataon. Sa hinaharap, ang lahat ng gagawin nila ay para magtamasa at magpuri, nang wala ang lahat ng walang kabuluhang bagay na gumugulo sa mga tao

(pag-aasawa, trabaho, nakaliligalig na kayamanan, katayuan, at iba pa). Gayunman, para sa kanila na pupunta sa Hades, ang kanilang pagdurusa ay magpakailanman (tumutukoy ito sa kanilang mga espiritu, kaluluwa, at katawan); hindi sila kailanman makakatakas mula sa kaparusahan ng Aking kamay. Ang dalawang panig na ito ay hindi magkaayon tulad ng apoy at tubig. Hindi talaga maaaring pagsamahin ang mga ito: Ang mga nagdurusa ng kasawian ay mananatiling magdurusa ng kasawian, habang ang mga pinagpala ay magtatamasa hangga't nais ng puso nila.

Lahat ng kaganapan at mga bagay ay kontrolado Ko, hindi man nabanggit ngunit lalo na, kayo—ang Aking mga anak, ang Aking mga iniibig—ay Aking pag-aari. Kayo ang resulta ng Aking anim na libong taon na plano ng pamamahala; kayo ang Aking mga kayamanan. Lahat ng Aking mga minamahal ay kalugud-lugod sa Aking paningin, sapagkat ipinamamalas nila Ako; lahat ng Aking kinamumuhian ay Aking kinasusuklaman kahit hindi Ko sila tinitingnan, dahil sila ay mga inapo ni Satanas at pag-aari ni Satanas. Ngayong araw, dapat suriin ng bawat isa ang kanilang mga sarili: Kung ang iyong mga layunin ay tama, at tunay mo Akong minamahal, kung gayon ay tiyak na ikaw ay Aking mamahalin. Dapat mo Akong mahalin nang totoo, at huwag mo Akong dayain! Ako ang Diyos na nagsusuri sa kaloob-looban ng mga puso ng mga tao! Kung ang iyong mga layunin ay mali, at malamig at hindi ka tapat sa Akin, kung gayon ay tiyak na kamumuhian kita; hindi kita pinili o itinalaga. Maghintay ka lamang na mapunta sa impiyerno! Maaaring hindi makita ng ibang mga tao ang mga bagay na ito, ngunit ikaw lamang at Ako, ang Diyos na tumitingin nang malalim sa mga puso ng mga tao, ang nakakaalam ng mga ito. Mabubunyag ang mga ito sa isang tiyak na panahon. Ang tapat ay hindi kailangang mabahala at ang hindi tapat ay hindi kailangang matakot. Lahat ng ito ay bahagi ng Aking mga matalinong pagsasaayos.

Ang kasalukuyang gawain ay madalian at mahirap, at hinihingi nito sa inyo na gumugol sa Akin sa huling pagkakataon upang tapusin ang huling gawaing ito. Ang Aking mga hinihingi kung tutuusin ay hindi napabigat: Kailangan Ko lamang na magawa ninyong makipag-ugnayan sa Akin nang maayos, bigyang-kasiyahan Ako sa lahat ng bagay, at sundin ang Aking paggabay na ibinibigay Ko sa iyo mula sa loob. Huwag maging bulag; magkaroon ng mithiin, at damahin ang Aking mga layunin mula sa lahat ng aspeto at sa lahat ng bagay. Ito ay dahil hindi na Ako isang natatagong Diyos sa inyo, at dapat na maging napakalinaw sa inyo ang tungkol dito para maunawaan ang Aking mga layunin. Sa loob ng napakaikling panahon, hindi lamang kayo makakatagpo ng mga dayuhan na naghahanap sa tunay na daan, ngunit ang mas mahalaga pa ay dapat kayong magkaroon ng kakayahang akayin sila. Iyan ang Aking madaliang layunin; hindi maaari na hindi ninyo ito makikita. Gayunpaman, dapat kayong maniwala sa Aking walang hanggang kapangyarihan. Hangga't ang mga tao ay tama, tiyak na sasanayin Ko silang maging mabubuting kawal. Ang lahat ng bagay ay angkop Ko nang isinaayos. Dapat ninyong hangaring magdusa para sa Akin. Ito ang napakahalagang sandali. Huwag itong palampasin! Hindi Ko pagtutuunan ang mga bagay-bagay na ginawa ninyo

noon. Dapat kayong malimit na manalangin at magsumamo sa harap Ko; ipagkakaloob Ko ang sapat na biyaya sa iyo para matamasa at magamit mo. Ang biyaya at mga pagpapala ay hindi magkapareho. Ang inyong tinatamasa ngayon ay ang Aking biyaya, at sa Aking mga mata, hindi ito karapat-dapat na mabanggit, samantalang ang mga pagpapala ay ang inyong tatamasahin nang walang-hanggan sa hinaharap. Ang mga iyon ay mga pagpapalang hindi pa nangyayari sa mga tao, at hindi nila kayang mailarawan sa kanilang isip. Ito ang dahilan kaya sinasabi Ko na kayo ay pinagpala, at ang mga pagpapalang ito ay hindi natatamasa ng tao simula pa noong paglikha.

Ibinunyag Ko na ang Aking lahat-lahat sa inyo. Umaasa lamang Ako na isasaalang-alang ninyo ang Aking puso, itutuon ang inyong mga iniisip sa Akin sa lahat ng ginagawa ninyo, at isasaalang-alang ninyo Ako sa lahat ng bagay, at ang palagi Kong nakikita ay ang inyong nakangiting mga mukha. Mula ngayon, ang mga nagkakamit ng katayuan ng panganay na anak ay ang mga taong mamumuno bilang mga hari na kasama Ko. Hindi sila tatakutin ng sinumang kapatid, at hindi Ko sila itutuwid o iwawasto, sapagkat ito ang prinsipyo Ko sa pagkilos: Ang mga nasa pangkat ng panganay na mga anak ay ang mga taong minaliit at tinakot ng iba at nagdusa ng lahat ng pagbabago ng kalagayan sa buhay. (Sila ay iwinasto at binali Ko na nang maaga, at nauna Ko na ring ginawang ganap.) Nauna nang tinamasa ng mga taong ito kasama Ko ang mga pagpapalang dapat nilang tanggapin. Ako ay matuwid, at hindi kailanman kumikiling sa kaninuman.

Kabanata 74

Pinagpapala ang mga nakabasa na ng Aking mga salita at naniniwala na matutupad ang mga ito. Hindi Kita pagmamalupitan; tutuparin Ko sa iyo ang pinaniniwalaan mo. Ito ang pagpapala Kong dumarating sa iyo. Tumatama ang mga salita Ko sa natatagong mga lihim sa bawat tao; lahat ay may malulubhang sugat, at Ako ang mabuting manggagamot na nagpapagaling sa kanila: Lumapit ka lamang sa Aking presensiya. Bakit Ko sinabing sa hinaharap ay hindi na magkakaroon ng kalungkutan at wala nang mga luha? Dahil ito rito. Sa Akin, lahat ay isinasakatuparan, nguni't sa mga tao, lahat ng bagay ay tiwali, hungkag, at mapanlinlang sa mga tao. Sa Aking presensiya, tiyak na makakamit ninyo ang lahat ng bagay, at tiyak na kapwa ninyo makikita at matatamasa ang lahat ng pagpapalang hindi mo man lang maguni-guni. Ang mga hindi lumalapit sa Akin ay talagang mapanghimagsik, at talagang yaong mga lumalaban sa Akin. Talagang hindi Ko sila palalampasin nang basta-basta; kakastiguhin Ko nang matindi ang ganitong uri ng mga tao. Tandaan mo ito! Habang mas lumalapit sa Akin ang mga tao, mas marami silang makakamit—nguni't ito ay biyaya lamang. Kalaunan, tatanggap sila ng mas marami pang pagpapala.

Simula nang likhain ang mundo, nasimulan Ko nang paunang itadhana at piliin ang grupong ito ng mga tao, na ngayon nga ay kayo. Ang inyong pag-uugali, kakayahan,

anyo, tayog, pamilya kung saan kayo isinilang, ang iyong trabaho at pag-aasawa—ang kabuuan mo, maging ang kulay ng iyong buhok at balat, at ang oras ng iyong kapanganakan—ay isinaayos lahat ng Aking mga kamay. Maging ang mga bagay na ginagawa mo at ang mga taong nasasalubong mo bawat araw ay isinaayos ng Aking mga kamay, pati na rin ang katunayang ang pagdadala sa iyo sa Aking presensiya ngayon sa totoo lang ay Aking pagsasaayos. Huwag mong guluhin ang iyong sarili; dapat magpatuloy ka nang mahinahon. Ang hinahayaan Kong matamasa mo ngayon ay isang bahagi ng nararapat sa iyo, at ito’y paunang itinadhana Ko sa paglikha ng mundo. Lahat ng tao’y napakalubha: kung hindi napakatigas ng ulo nila ay ganap silang walanghiya. Hindi nila kayang gampanan ang mga bagay-bagay ayon sa Aking plano at pagsasaayos. Huwag mo nang gawin pa ito. Sa Akin, lahat ay pinalalaya; huwag mong igapos ang sarili mo, yamang magkakaroon ng kawalan na may kinalaman sa buhay mo. Tandaan mo ito!

Maniwala ka na ang lahat ay nasa Aking mga kamay. Ang ipinagpalagay ninyong mga hiwaga noong nakaraan ay lahat hayagang ibinubunyag ngayon; hindi na natatago ang mga ito (dahil nasabi Ko nang sa hinaharap ay walang mananatiling nakatago). Madalas mainipin ang mga tao; masyado silang balisang tapusin ang mga bagay at hindi isinasaalang-alang kung ano ang nasa puso Ko. Sinasanay Ko kayo upang maaari kayong makibahagi sa Aking pasanin at pamahalaan ang Aking sambahayan. Nais Kong mabilis kayong lumago upang makaya ninyong pangunahan ang inyong mga kapatid na mas bata kaysa sa inyo, at upang tayo, ang Ama at mga anak, ay hindi magtatagal at magkakasamang muli at hindi na kailanman magkakalayo. Matutugunan nito ang nais ng puso Ko. Naibunyag na ang mga hiwaga sa lahat ng tao, at walang anuman ang nananatiling nakatago: Ako—ang ganap na Diyos Mismo, na may kapwa normal na pagkatao at ganap na pagka-Diyos—ay naibunyag na sa harap ng inyong mga mata ngayon. Ang Aking kabuuan (kasuotan, pisikal na anyo, at hubog ng katawan) ay ang perpektong pagpapamalas ng Diyos Mismo; ito ang pagsasakatawan ng persona ng Diyos na naguni-guni na ng mga tao mula nang likhain ang mundo nguni’t wala pang nakakakita. Ang dahilan na ang Aking mga pagkilos ay katumbas ng Aking mga salita ay na umaakma sa isa’t isa ang Aking normal na pagkatao at ganap na pagka-Diyos; bukod pa rito, tinutulutan nito ang lahat ng tao na makita na ang gayong napakalakas na kapangyarihan ay nasa isang normal na tao. Yaong sa inyo ay totoong naniniwala sa Akin ay ginagawa iyon dahil binigyan Ko ang bawat isa sa inyo ng isang totoong puso upang makaya mong ibigin Ako. Kapag pinakikitunguhan Kita, binibigyang-liwanag Kita at nililiwanagan Kita, at tinutulutan Kitang makilala Ako sa pamamagitan nito. Bilang resulta, paanuman ang pakikitungo Ko sa iyo, hindi ka lalayas; sa halip, lalo’t lalo kang magiging sigurado tungkol sa Akin. Kapag ikaw ay mahina, ito rin ay pagsasaayos Ko, at tinutulutan ka nitong makita na sa sandaling iwan mo Ako ay mamamatay ka at matutuyo. Mula riyang matututuhan mo na Ako ang buhay mo. Habang nagiging malakas ka matapos maging mahina, tutulutan kang

makita na ang pagiging mahina o malakas ay hindi nakasalalay sa iyo, kundi ganap na nasa sa Akin.

Lahat ng hiwaga ay ganap na nabubunyag. Sa mga gawain ninyo sa hinaharap, bibigyan Ko kayo ng Aking mga tagubilin nang paisa-isang gawain. Hindi Ako magiging malabo; Ako'y magiging lubusang malinaw at magsasalita pa nga sa inyo nang tuwiran kaya hindi na ninyo kailangang magmuni-muni sa mga bagay-bagay nang kayo lang, baka magulo pa ninyo ang Aking pamamahala. Dahil dito kaya nga paulit-ulit Kong ipinagdidiinan na wala nang anumang itatago pa magmula ngayon.

Kabanata 75

Lahat ay matutupad sa sandaling sinasambit ang Aking mga salita, nang wala ni katiting na paglihis. Mula ngayon, lahat ng natatagong mga hiwaga ay hindi makukubli o matatago man lamang, at mahahayag sa inyo—mahal Kong mga anak. Ipapakita Ko sa iyo ang higit pang dakilang mga tanda at kababalaghan sa Akin, at higit pang dakilang mga hiwaga. Tiyak na ang mga bagay na ito ay gugulat sa inyo at bibigyan kayo ng higit na pagkaunawa sa Akin, ang Diyos na makapangyarihan sa lahat, at tutulutan kayong pahalagahan ang Aking karunungan nakapaloob doon. Ngayon ay nahaharap kayo sa nag-iisang totoong Diyos na hindi pa nakita ng mga tao kailanman simula noong paglikha, at walang espesyal tungkol sa Akin. Kumakain, nabubuhay, nagsasalita, at nakikipagtawanan Ako sa inyo, at lagi Akong nabubuhay sa inyong kalooban, samantalang kasabay nito ay gumagalaw rin kasama ninyo. Para sa mga hindi naniniwala o may sarili nilang matitinding kuru-kuro, ito ay isang hadlang. Ito ang Aking karunungan. Ibubunyag Ko rin ang ilang tao sa mga bagay-bagay na hindi alam ng Aking normal na pagkatao, ngunit hindi ito nangangahulugan na hindi Ako ang Diyos Mismo. Bagkus, sapat na ang puntong ito upang patunayan na Ako ang Diyos na makapangyarihan sa lahat. Para sa mga taong naniniwala, ang puntong ito ay may tiyak na epekto, at dahil lamang sa puntong ito ay may isandaang porsiyentong katiyakan sila sa Akin. Huwag kayong masyadong mabahala; isa-isa Kong ibubunyag sa inyo ang mga bagay-bagay.

Para sa inyo, Ako ay lantad at hindi nakatago. Gayunman, para sa mga hindi mananampalataya—yaong mga taksil, na nagawang tiwali ni Satanas sa isang tiyak na antas—mananatili Akong nakatago. Gayunman, nang magsalita Ako noong una tungkol sa paghahayag ng Aking sarili sa lahat ng tao, ang tinutukoy Ko noon ay ang Aking katuwiran, paghatol, at pagiging maharlika, upang malaman nila mula sa kinahihinatnan nila na Ako ang namamahala sa sansinukob at sa lahat ng bagay. Kumilos nang may katapangan! Itaas lamang ang inyong ulo! Huwag kayong matakot: Narito Ako—ang inyong Ama—para suportahan kayo, at hindi kayo magdurusa. Hangga't madalas kayong nagdarasal at lumuluhod sa Aking harapan, pagkakalooban Ko kayo ng buong

pananampalataya. Yaong mga nasa kapangyarihan ay maaaring mukhang masama sa tingin, ngunit huwag kayong matakot, sapagkat ito ay dahil maliit ang inyong pananampalataya. Hangga't lumalago ang inyong pananampalataya, walang magiging napakahirap. Magalak at tumalon hangga't gusto ninyo! Lahat ay nasa ilalim ng inyong mga paa at hawak Ko. Hindi ba ipinapasya ang katuparan o pagkawasak sa isang salita Ko lamang?

Yaong mga ginagamit Ko ngayon ay matagal Ko nang sinang-ayunang lahat, nang paisa-isa. Ibig sabihin, yaong mga taong nasa grupo ng mga panganay na anak ay natukoy na, at natukoy na simula noong likhain Ko ang mundo. Walang sinumang makakapagbago nito, at lahat ay dapat nasa pamumuno Ko. Walang taong makakagawa nito; lahat ng ito ay mga pagsasaayos Ko. Sa Akin, lahat ay magiging matatag at ligtas; sa Akin, lahat ay gagawin nang angkop at wasto, nang wala ni katiting na hirap. Nagsasalita Ako at ito ay itinatakda; nagsasalita Ako at ito ay natatapos. Sa magulong sitwasyon ng daigdig, bakit hindi pa kayo nagmamadaling simulan ang inyong pagsasanay? Hanggang kailan kayo maghihintay? Maghihintay ba kayo hanggang sa araw na bumaha ang mga dayuhan patungong Tsina para makipagkita sa inyo? Maaaring dati-rati ay medyo naging mabagal kayo, ngunit hindi kayo maaaring magpatuloy na palayawin ang inyong sarili! Mga anak Ko! Isaalang-alang ninyo ang Aking masigasig na mga layunin! Yaong mga mas madalas lumapit sa Akin ay matatamo ang lahat. Wala ba kayong tiwala sa Akin?

Ang bilis ng Aking gawain ay isang kislap ng kidlat, ngunit tiyak na hindi ang dumadagundong na tunog ng kulog. Nauunawaan ba ninyo ang tunay na kahulugan ng mga salitang ito? Kailangan ninyong higit na makipag-ugnayan sa Akin at isaalang-alang ang Aking mga layunin. Gusto ninyong tumanggap ng mga pagpapala, ngunit takot din kayong magdusa; hindi ba ito ang inyong pagbabagu-bago ng isip? Sinasabi Ko sa iyo! Kung nais ng tao na tumanggap ng mga pagpapala ngayon ngunit hindi ginagawa ang lahat ng sakripisyo para mangyari iyon, ang tatanggapin lamang nila ay kaparusahan at ang Aking paghatol. Gayunman, yaong mga nagsasakripisyo ng lahat ay daranas ng kapayapaan sa lahat ng bagay at magiging sagana sa lahat, at lahat ng tatanggapin nila ay mga pagpapala Ko. Ang kailangang-kailangan ngayon ay ang inyong pananampalataya, at na magsakripisyo kayo. Huwag kayong magkamali ng pag-unawa sa Aking mga layunin. Lahat ay mangyayari, at makikita ito ng sarili ninyong mga mata at mararanasan ninyo ito nang personal. Sa Akin, wala ni isang maling salita o kasinungalingan; lahat ng Aking sinasabi ay ganap na totoo, at hindi nagkukulang sa karunungan. Huwag kayong mag-alinlangan. Ako ang nagsasakatuparan ng lahat sa gitna inyo, at Ako rin ang humahatol at nagsasaayos sa mga gumagawa ng masama. Mahal Ko kayo, at ginagawa Ko kayong perpekto. Sa kanila, gayunman, ganap na kabaligtaran ang Aking gagawin: pagkamuhi at pagkawasak, na walang anumang kaluwagan at walang maiiwang bakas. Ang Aking kasaganaan ay likas sa lahat ng Aking sinasabi at ginagawa. Nasuri na ba ninyo ang mga iyon nang paunti-unti? Maraming ulit

Ko nang nasabi ang ilang salita, kaya bakit hindi ninyo nauunawaan ang ibig Kong sabihin? Pagkatapos ninyong basahin ang Aking mga salita, lahat ba ay magiging kung ano ang nararapat? Lahat ba kung gayon ay natutupad? Wala kayong anumang layon na isaalang-alang ang Aking puso. Bakit Ko sinasabi na Ako ang lubos na maawtoridad, matalino sa lahat, at nag-iisang totoong Diyos na tumitingin sa kaibuturan ng puso ng mga tao? Hindi pa rin ba ninyo nauunawaan ang kahulugan ng mga salitang ito? Naisaulo mo na ba ang bawat isa sa mga salitang Aking nabigyang-diin? Talaga bang naging mga prinsipyo ng pagkilos mo ang mga iyon?

Nakatayo Ako sa ibabaw ng lahat, nagmamasid sa buong sansinukob. Ipapamalas Ko ang Aking dakilang kapangyarihan at Aking buong karunungan sa lahat ng bansa at tao. Huwag ninyong basta gawin ang lahat ng inyong makakaya para sikaping magtamo ng kasiyahan ngayon mismo. Kapag nagkaisa ang lahat ng bansa ng mundo, ano ang hindi mapapasainyo? Magkagayunman, hindi Ko kayo hahayaang magkulang ngayon, ni hindi Ko kayo tutulutang magdusa. Maniwala na Ako ang Diyos na makapangyarihan sa lahat! Lahat ay matutupad at bubuti nang bubuti! Mga panganay Kong anak! Lahat ng pagpapala ay darating sa inyo! Matatamasa ninyo ang mga iyon nang walang katapusan, hindi nauubos, mayaman at sagana, at puno ng kahustuhan!

Kabanata 76

Ang Aking mga pagbigkas ay pawang pagpapahayag ng Aking kalooban. Sino ang maaaring maging maalalahanin sa Aking pasanin? Sino ang makakaunawa sa Aking layunin? Naisaalang-alang ba ninyo ang bawat isa sa mga katanungang itinanong Ko sa inyo? Napakapabaya ninyo! Nangangahas kayong gambalain ang Aking mga plano? Hindi kayo makontrol! Kung magpapatuloy pa ang gayong gawain ng masasamang espiritu, itatapon Ko sila kaagad sa kamatayan sa walang-hanggang hukay! Matagal Ko nang nakitang malinaw ang sari-saring mga gawa ng masasamang espiritu. At ang mga taong ginamit ng mga masasamang espiritu (ang mga may maling intensyon, ang mga nag-iimbot sa laman o kayamanan, ang mga nagtataas sa kanilang mga sarili, ang mga nanggagambala sa iglesia, atbp.) ay nakita Ko na ring isa-isa. Huwag mong ipalagay na ang lahat ay tapos na sa sandaling napalayas na ang masasamang espiritu. Hayaan mong sabihin Ko sa iyo! Mula ngayon, isa-isa Kong aalisin ang mga taong ito at hindi na sila kailanman gagamitin! Ibig sabihin niyan, sinumang taong nagawang tiwali ng masasamang espiritu ay hindi Ko gagamitin, at palalayasin! Huwag isiping wala Akong pakiramdam! Alamin ito! Ako ang banal na Diyos, at hindi Ako mananahan sa isang maruming templo! Ginagamit Ko lamang ang matatapat at marurunong na tao, na ganap na tapat sa Akin at maaaring maging maalalahanin sa Aking pasanin. Ito ay dahil Aking nauna nang itinalaga ang gayong mga tao, at lubos na walang masasamang espiritu ang gumagawa sa kanila. Hayaan mong linawin Ko ang isang bagay: Mula ngayon, lahat

ng walang gawain ng Banal na Espiritu ay may gawain ng masasamang espiritu. Hayaan mong ulit-ulitin Ko: Hindi Ko gusto ang kahit isang tao na may mga masasamang espiritu na gumagawa sa kanya. Silang lahat ay ihuhulog sa Hades kasama ng kanilang laman!

Medyo naging maluwag ang mga kinakailangan Ko sa inyo sa nakalipas, at kayo ay nagpakasama pagdating sa laman. Mula sa araw na ito, hindi Ko kayo hahayaang magpatuloy nang ganito. Kung ang inyong mga salita at mga kilos ay hindi nahahayag sa Akin sa lahat ng paraan, o kung ang mga iyon ay naiiba kahit bahagya man lamang sa Aking wangis, kung gayon, tiyak na hindi Ko kayo basta-basta palalampasin. Dahil kung hindi, kayo ay palaging magtatawanan at magbibiruan, tatawa hangga't kaya ninyo, nang walang anumang pagpipigil. Kapag ikaw ay nagkakamali, hindi mo ba nararamdaman na iniwan kita? Yamang nalalaman mo naman, bakit nagpapakasama ka pa rin? Hinihintay mo pa ba ang pagkanti ng Aking kamay ng paghatol? Mula ngayon, agad Kong parurusahan ang sinumang hindi kaayon ng Aking hangarin nang kahit isang saglit. Kung kayo ay paupu-upo at magkakasamang nagtsitsismisan, kung gayon ay iiwan kita. Huwag magsasalita kung hindi ka nagbibigay ng espirituwal na panustos. Sinasabi Ko ito hindi para pigilan kayo, kundi ibig Kong sabihin ay dahil narating na ng Aking gawain ang yugtong kinalalagyan nito sa ngayon, magpapatuloy Ako nang naaayon sa Aking plano. Kung kayo ay magkakasamang nakaupo at nag-uusap-usap tungkol sa mga espirituwal na bagay sa buhay, tiyak na sasamahan Ko kayo. Hindi ko pakikitunguhan nang hindi patas ang sinuman sa inyo. Kung ibinubuka mo ang iyong bibig, ipagkakaloob Ko sa iyo ang angkop na mga salita. Dapat mong unawain ang Aking puso mula sa Aking mga salita. Hindi Ko sinasabing magkunwari kayong pipi, ni hindi Ko sinasabi sa inyo na makisangkot sa mga walang-saysay na usapan.

Bakit palagi Kong sinasabi na wala nang gaanong panahong natitira, at ang Aking araw ay hindi dapat maantala? Napag-isipan na ba ninyong mabuti ang tungkol dito? Tunay ba ninyong nauunawaan ang kahulugan ng Aking mga salita? Ibig sabihin, gumagawa na Ako simula pa noong nag-umpisa Akong magsalita. Bawat isa sa inyo ay naging layon ng Aking gawain. Hindi isang partikular na tao lamang; at higit pa rito, hindi ang sinumang iba pa. Nag-aalala lamang kayo tungkol sa hindi pagtatamasa ng mga pagpapala, ngunit hindi ninyo pinag-iisipan ang inyong mga buhay. Napakahangal ninyo! Kaawa-awa kayo! Hindi man lamang ninyo inaalala ang Aking pasanin!

Lahat ng Aking matiyagang pagsisikap at ang halagang Aking binayaran ay para sa inyong kapakanan. Kung hindi ninyo inaalala ang Aking pasanin, kung gayon ay hindi ninyo naabot ang Aking inaasahan sa inyo. Lahat ng bansa ay naghihintay para inyong pamahalaan, at lahat ng tao ay naghihintay para inyong pamunuan. Naipasa Ko na ang lahat sa inyong mga kamay. Ngayon, ang mga nasa kapangyarihan ay nagsimula nang lahat na bumaba at magsipagbagsakan, at naghihintay na lamang na dumating ang Aking paghatol sa kanila. Tingnan nang malinaw! Ang mundo ngayon ay nasa pagkawasak, samantalang ang Aking kaharian ay matagumpay na naitayo. Ang Aking mga anak ay lumitaw na at ang Aking mga panganay na anak ay naghaharing kasama

Ko bilang mga hari, namumuno sa iba't ibang mga bansa at tao. Huwag isiping ito ay isang malabong bagay; ito ang payak na katotohanan. Hindi ba? Sa sandaling manalangin kayo at magsumamo sa Akin, kikilos Ako kaagad at parurusahan ang mga umuusig sa inyo, haharapin ang mga gumagambala sa inyo, wawasakin ang mga kinapopootan ninyo, at pamamahalaan ang mga tao, kaganapan, at bagay na iyon na nagsisilbi sa inyo. Nasabi Ko na ito nang maraming ulit: hindi Ko dadalhin ang kaligtasan sa sinumang gumagawa ng serbisyo para kay Cristo (ibig sabihin, sinumang nagbibigay ng serbisyo para sa Aking Anak). Ang paggawa ng serbisyo para sa Aking Anak ay hindi nangangahulugang mabubuting tao sila; ito ay lubusang bunga ng Aking dakilang kapangyarihan at mga kamangha-manghang gawa. Huwag mag-ukol ng napakalaking pagpapahalaga sa sangkatauhan. Ang gayong mga tao ay tiyak na walang gawain ng Banal na Espiritu at hindi man lamang nakakaunawa ng mga espirituwal na bagay. Mawawalan na sila ng silbi kapag natapos na Ako sa kanila. Tandaan ito! Ito ang Aking pagpapatibay sa inyo. Huwag maligaw sa pagkakaunawa, malinaw ba?

Pakaunti nang pakaunti ang mga tao, ngunit ang mga kasapi ay nadadalisay nang nadadalisay. Ito ang Aking gawain, ang Aking plano ng pamamahala, at higit pa rito, ang Aking karunungan at Aking pagkamakapangyarihan-sa-lahat. Ito ang koordinasyon ng Aking normal na pagkatao at ng Aking ganap na pagka-Diyos. Nakikita ba ninyo ito nang malinaw? Mayroon ba kayong anumang tunay na pagkaunawa tungkol sa puntong ito? Isa-isa Kong tutuparin, sa pamamagitan ng Aking pagka-Diyos, ang lahat ng nasabi Ko mula sa Aking normal na pagkatao. Ito ang dahilan kung bakit paulit-ulit Kong sinasabi na kung ano ang Aking sinasabi ay mangyayari nang walang anumang kalabuan; bagkus, lahat ito ay magiging napakalinaw at kitang-kita. Lahat ng Aking sinasabi ay matutupad, at tiyak na hindi gagawin nang walang-ingat. Hindi Ako nagsasalita ng mga walang-lamang salita at hindi Ako nagkakamali. Sinumang nangangahas na sukatin Ako ay hahatulan, at tiyak na hindi makakatakas sa palad ng Aking kamay. Sa sandaling ang Aking mga salita ay nasambit, sino ang nangangahas na lumaban? Sino ang nangangahas na utuin Ako o magtago ng anuman mula sa Akin? Nasabi Ko na ito dati: Ako ay isang matalinong Diyos. Ginagamit Ko ang Aking normal na pagkatao upang ibunyag ang lahat ng tao at ang maka-satanas na pag-uugali, ilantad ang mga may maling mga layunin, ang mga kumikilos sa isang paraan kapag kaharap ang iba at sa ibang paraan naman kapag nakatalikod sila, ang mga lumalaban sa Akin, ang mga hindi tapat sa Akin, ang mga mapag-imbot sa pera, ang mga hindi maalalahanin sa Aking pasanin, ang mga gumagawa ng pandaraya at kabuktutan kasama ng kanilang mga kapatid, ang mga magagaling magsalita para magbunyi ang mga tao, at ang mga hindi kayang makipag-ugnayan sa kanilang mga kapatid nang may iisang puso at isipan. Dahil sa Aking normal na pagkatao, napakaraming tao ang palihim na lumalaban sa Akin at gumagawa ng pandaraya at kalikuan, nag-aakalang hindi ito nalalaman ng Aking normal na pagkatao. At napakaraming tao ang nag-uukol ng espesyal na atensyon sa Aking normal na pagkatao, nagbibigay sa Akin ng mga mabubuting bagay na kakainin at

iinumín, nagsisilbí sa Akin na parang mga alila, at sinasabi sa Akin kung ano ang laman ng kanilang mga puso, habang kumikilos nang lubos na naiiba sa Aking likuran. Mga bulag na tao! Hindi ninyo Ako gaanong nakikilala—ang Diyos na tumitingin sa kaibuturan ng puso ng tao. Hindi mo pa rin Ako kilala hanggang ngayon; iniisip mo pa rin na hindi Ko nalalaman kung ano ang ginagawa mo. Magbalik-tanaw ka: Ilang mga tao ang nagpakasira sa kanilang mga sarili dahil sa Aking normal na pagkatao? Gising! Huwag mo na Akong dayain pa. Dapat mong ilagay ang lahat ng iyong asal at pag-uugali, ang bawat salita mo at gawa sa harapan Ko, at tanggapin ang Aking masusing pagsisiyasat dito.

Kabanata 77

Ang pagiging hindi tiyak sa Aking mga salita ay katulad ng pagkakaroon ng saloobing nagtatatwa sa Aking mga pagkilos. Ibig sabihin, nakaagos na ang Aking mga salita mula sa loob ng Aking Anak, gayunman ay hindi ninyo pinahahalagahan ang mga iyon. Masyado kayong mapagwalang-bahala! Maraming salita ang umagos na mula sa loob ng Aking Anak, ngunit nanatili kayong may pag-aalinlangan at hindi tiyak. Kayo ay bulag! Hindi ninyo nauunawaan ang layunin ng bawat bagay na ginawa Ko na. Ang mga salita ba na Aking ipinahahayag sa pamamagitan ng Aking Anak ay hindi Ko sariling mga salita? May ilang bagay na hindi Ako handang sabihin nang tuwiran, kaya nagsasalita Ako sa pamamagitan ng Aking Anak. Ngunit bakit masyado kayong kakatwa na pinipilit ninyong magsalita Ako nang tuwiran? Hindi ninyo Ako nauunawaan, at palagi kayong may duda tungkol sa Aking mga kilos at gawa! Hindi ba't nasabi Ko na dati na ang bawat galaw Ko at bawat kilos Ko ay tama? Dapat nang tumigil ang mga tao sa pagsiyasat sa mga ito. Alisin ang iyong maruruming kamay! Hayaang sabihin Ko sa iyo ang isang bagay: Lahat ng taong ginagamit Ko ay itinalaga bago Ko pa nilikha ang mundo, at sila rin ay sinasang-ayunan Ko ngayon. Lagi ninyong pinagsisikapan ang ganitong mga bagay, sinusuri Akong mabuti bilang tao at pinag-aaralan ang Aking mga pagkilos. Kayong lahat ay may kaisipan na matransaksyon. Kung mangyayari itong muli, tiyak na pababagsakin kayo ng Aking kamay. Ang Aking sinasabi ay ito: Huwag Akong pagdudahan, at huwag suriin o pagbulayan ang mga bagay na Aking nagawa na. Higit pa rito, huwag makialam sa gayong mga bagay, dahil ito ay may kinalaman sa Aking mga atas administratibo. Hindi ito maliit na bagay!

Samantalahin ang panahon upang gawin ang lahat ng Aking naitagubilin na. Hayaang sabihin Ko itong muli, at bilang isang babala na rin: Malapit nang bumaha ng mga dayuhan sa China. Ito ay walang pasubaling totoo! Alam Kong karamihan ng mga tao ay may duda at hindi tiyak tungkol dito, kaya pinaaalalahanan Ko kayo nang paulit-ulit upang maaari kayong magmadaling maghanap ng paglago sa buhay at matupad ang Aking kalooban nang mas maaga. Simula ngayon, ang pandaigdigang kalagayan ay magiging mas maigting, at iba't ibang bansa ang magsisimulang bumagsak mula sa

loob. Hindi na magkakaroon ng masasayang araw sa China. Ito ay nangangahulugan na ang mga manggagawa ay magsisipag-alsa, ang mga mag-aaral ay maglalabasan mula sa kanilang mga klase, titigil sa pagnenegosyo ang mga negosyante, at ang mga pagawaan ay magsasarang lahat at hindi na makakabawi. Ang mga kadre ay magsisimulang maghanda ng mga pondo upang tumakas (magsisilbi itong Aking plano ng pamamahala), at ang mga pinuno ng pamahalaang sentral sa lahat ng antas ay magiging napakaabala sa pagtutuon sa ilang bagay at maiisantabi ang iba habang gumagawa ng lahat ng paghahanda (ito ay magsisilbing susunod na hakbang). Tingnan ito nang maigi! Ito ay isang bagay na kinasasangkutan ng buong sansinukob, hindi lamang ng China, dahil ang Aking gawain ay nakatuon sa buong mundo. Gayunpaman, ito ay nagsisilbi rin para gawing mga hari ang mula sa pangkat ng mga tao na mga panganay na anak. Nakikita ba ninyo ito nang malinaw? Magmadali kayo at maghanap! Hindi Ko kayo tatratuhin nang hindi patas; hahayaan Ko kayong dumanas ng kasiyahan hangga't ibig ng inyong mga puso.

Ang Aking mga pagkilos ay kamangha-mangha. Habang nagaganap ang matitinding sakuna sa mundo, at habang ang lahat ng gumagawa ng masama at mga namumuno ay tumatanggap ng kaparusahan—o upang maging mas malinaw, kapag nagdusa ang mga gumagawa ng masama, na lahat ay nasa labas ng Aking pangalan—sisimulan Kong ipagkaloob ang Aking mga pagpapala sa inyo. Ito ang nakapaloob na kahulugan ng mga salitang “Tiyak na hindi kayo magdurusa ng sakit o pinsala mula sa mga sakuna,” na sinabi Ko nang paulit-ulit noon. Nauunawaan ba ninyo ito? Ang “panahong ito” na Aking sinasabi ay tumutukoy sa panahon kung kailan lumalabas ang mga salita sa Aking bibig. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay isinasagawa nang napakabilis; hindi Ko ipagpapaliban o sasayangin ang isang minuto o kahit na isang segundo. Bagkus ay kikilos Ako nang naaayon sa Aking mga salita sa sandaling sinambit ang mga iyon. Kung sinasabi Ko na ngayon inaalis Ko ang isa o kinamumuhian Ko ang isa, magwawakas ang taong iyon sa isang iglap. Sa madaling salita, agad na babawiin ang Aking Banal na Espiritu mula sa kanila, at sila ay magiging mga patay na naglalakad at walang-kabuluhan. Maaaring ang gayong mga tao ay humihinga, naglalakad, at nagsasalita pa rin, at maaaring nananalangin pa rin sa Aking harapan, ngunit hindi nila matatanto kailanman na iniwan Ko na sila. Sila ay magiging mga ganap na halimbawa ng walang-kabuluhang mga tao. Ito ay walang-pasubaling totoo at tunay!

Ang Aking mga salita ay kumakatawan sa Aking pagiging tao. Tandaan ito! Huwag mag-alinlangan; dapat kayong maging walang-pasubaling tiyak. Ito ay isang bagay na tumutukoy ng buhay at kamatayan! Ito ay lubos na seryoso! Sa sandaling sinasambit ang Aking mga salita, ang nais Kong gawin ay nangyari na. Ang lahat ng salitang ito ay dapat na mabigkas sa pamamagitan ng Aking Anak. Sino sa inyo ang nagsaalang-alang na nang taimtim ng bagay na ito? Paano Ko pa ito maaaring ipaliwanag? Huwag matakot at mahiya nang labis sa lahat ng oras. Talaga bang wala Akong pagsasaalang-alang sa mga damdamin ng mga tao? Basta Ko na lamang ba itatapon ang mga sinasang-ayunan

Ko? Lahat ng Aking ginagawa ay may prinsipyo. Hindi Ko wawasakin ang tipan na Ako Mismo ang nagtatag, ni hindi Ko gagambalain ang sarili Kong plano. Hindi Ako walang muwang na gaya ninyo. Ang Aking gawain ay isang dakilang bagay; ito ay isang bagay na walang taong makagagawa. Nasabi Ko na Ako ay matuwid, at sa mga umiibig sa Akin, Ako ay pag-ibig. Hindi mo ba pinaniniwalaan na totoo ito? Patuloy kang mayroong mga agam-agam! Bakit takot na takot ka pa rin kung mayroon kang malinis na budhi sa lahat ng bagay? Ito ay lahat dahil sa naigapos mo na ang iyong sarili. Anak Ko! Ipinaalala Ko na sa iyo nang maraming ulit na huwag malungkot at huwag lumuha, at hindi kita iwawaksi. Hindi mo pa rin ba kayang magtiwala sa Akin? Hahawakan kita at hindi bibitawan. Palagi kitang yayakapin sa pag-ibig Ko. Lilingapin kita, pangangalagaan kita, at bibigyan kita ng mga pahayag at mga kabatiran sa lahat ng bagay upang makita mo na Ako ang iyong Ama, at na Ako ang sumusuporta sa iyo. Alam Ko na lagi kang nagbubulay kung paano mo mapagagaan ang pasanin sa mga balikat ng iyong Ama. Ito ang pasaning ibinigay Ko na sa iyo. Huwag mong subukang ipagkibit-balikat ito! Ilang mga tao sa mga panahon ngayon ang kayang maging tapat sa Akin? Umaasa Akong mapabibilis mo ang iyong pagsasanay at na lumago ka nang mabilis at bigyang-kasiyahan ang Aking puso. Ang Ama ay nagpapagal para sa anak araw at gabi, kaya dapat ding magsaalang-alang ang anak sa plano ng pamamahala ng Ama sa bawat minuto at sa bawat segundo. Ito ang maagap na pakikipagtulungan sa Akin na sinabi Ko na noon.

Ako ang may gawa ng lahat. Maglalagay Ako ng pasanin sa mga taong ginagamit Ko ngayon at bibigyan sila ng karunungan upang aayong lahat ang kanilang mga ginagawa sa Aking kalooban, upang matupad ang Aking kaharian, at upang lumitaw ang bagong langit at lupa. Ang mga taong hindi Ko ginagamit ay ang ganap na kabaligtaran; lagi silang tulala, natutulog sila pagkatapos nilang kumain, at kumakain sila pagkatapos nilang matulog, na wala man lamang ideya kung ano ang kahulugan ng pasanin. Ang mga taong ito ay kulang sa gawain ng Banal na Espiritu, at dapat na alisin mula sa Aking iglesia sa lalong madaling panahon. Ngayon ay magsasalita ako ng ilang mga bagay na may kinalaman sa mga pangitain: Ang iglesia ay isang paunang kundisyon sa kaharian; maaari lamang makapasok ang mga tao sa kaharian kapag naitayo na ang iglesia hanggang sa isang partikular na lawak. Walang sinuman ang maaaring makapasok sa kaharian nang tuwiran (kung hindi Ko ipinangako). Ang iglesia ang unang hakbang, ngunit ang kaharian ang layunin ng Aking plano ng pamamahala. Lahat ay mahuhubog kapag pumasok na ang mga tao sa kaharian, at wala nang bagay na katatakutan. Sa kasalukuyan, ang mga panganay na anak Ko at Ako lamang ang nakapasok na sa kaharian at nagsimulang pamahalaan ang lahat ng bansa at bayan. Ibig sabihin, nagsisimulang maisaayos ang Aking kaharian, at lahat ng magiging mga hari o Aking mga tao ay naipahayag na sa madla. Ang mga mangyayari sa hinaharap ay sasabihin sa inyo nang paisa-isang hakbang at sunud-sunod; huwag masyadong mabahala o mag-alala. Natatandaan mo ba ang bawat salitang sinabi Ko na sa iyo? Kung ikaw ay

totoong para sa Akin, kung gayon ay magsasalita Ako nang matapat sa iyo. Para sa mga nagsasagawa ng pandaraya at kabuktutan, gagantihan Ko rin sila nang pagwawalang-bahala at hahayaan silang makita nang malinaw kung sino ang siyang mawawasak ng gayong pag-uugali!

Kabanata 78

Nasabi Ko na dati na Ako ang gumagawa ng gawain, hindi ang sinumang tao. Sa Akin, ang lahat ay panatag at masaya, nguni't sa inyo, ibang-iba ang mga bagay-bagay; nakararanas kayo ng labis na paghihirap sa lahat ng inyong ginagawa. Anumang bagay na Aking sinasang-ayunan, tiyak na Aking tutuparin; sinumang sinasang-ayunan Ko, Aking gagawing perpekto. Mga tao: Huwag kayong makialam sa Aking gawain! Kailangan lamang ninyong kumilos habang sumusunod sa Aking pangunguna, ginagawa kung ano ang Aking ibig, tinatanggihan ang lahat ng Aking kinamumuhian, hinahango ang inyong mga sarili mula sa kasalanan, at ipinaubaya ang inyong mga sarili sa Aking mapagmahal na yakap. Hindi Ako nagyayabang sa inyo, ni hindi Ko pinalalaki ang mga bagay-bagay; ito sa katunayan ang katotohanan. Kung sasabihin Ko na wawasakin Ko ang mundo, sa isang kisap-mata ninyo, ang mundo ay magiging abo. Kayo ay malimit na masyadong nababalisa, at dinadagdagan ang inyong sariling mga pasanin, lubhang natatakot na walang kabuluhan ang Aking mga salita. Kaya, abala kayo sa pagsubok na “maghanap ng daan palabas” para sa Akin. Bulag! Hangal! Ni hindi ninyo alam ang inyong sariling halaga, gayunma'y sinusubukan ninyong maging tagapayo Ko. Karapat-dapat ka ba? Manalamin ka nga nang maayos!

Hayaan mong sabihin Ko sa iyo ang isang bagay! Ang mahiyain ay dapat na makastigo dahil sa kanilang pagkamahiyain, samantalang ang puspos ng pananampalataya ay magkakamit ng mga pagpapala dahil sa kanilang pananampalataya. Para maging malinaw, ang pinakamahalagang punto ngayon ay ang pananampalataya. Bago naihayag ang mga pagpapalang darating sa inyo, kailangan ninyo—ngayon mismo—na isakripisyo ang lahat upang gumugol para sa Akin. Ito mismo ang aspetong tinutukoy ng “pagkakamit ng mga pagpapala” at “pagdanas ng kalamidad.” Mga anak Ko! Nakaukit pa rin ba sa inyong mga puso ang Aking mga salita? “Sa mga taong taos-pusong gumugugol para sa Akin, ikaw ay tiyak na labis Kong pagpapalain.” Ngayon, tunay mo bang nauunawaan ang kahulugang nakapaloob? Hindi Ako nagsasalita ng mga salitang walang kabuluhan; mula ngayon, walang anumang ikukubli. Ibig sabihin, ang mga bagay na nakatago sa Aking mga salita dati ay sasabihin na ngayon sa inyo, isa-isa, nang walang anumang pagkukubli. Higit pa rito, bawa't salita ay magiging tunay Kong kahulugan, bukod pa sa madaling magagawa at hindi magiging mahirap para sa Akin ang pagbubunyag ng lahat ng tao, mga kaganapan, at mga bagay na nakatago sa Aking harapan. Lahat ng ginagawa Ko ay nagtataglay ng aspeto ng Aking normal na

pagkatao pati na rin ng aspeto ng Aking ganap na pagka-Diyos. Tunay bang mayroon kayong malinaw na pagkaunawa sa mga salitang ito? Ito ang dahilan kaya lagi Kong inuulit-ulit na huwag dapat kayong masyadong magmadali. Ang pagbubunyag ng isang tao o bagay ay hindi mahirap para sa Akin, at palaging may panahon para dito. Hindi ba ganoon? Napakarami nang tao ang naglantad ng kanilang totoong mga anyo sa harapan Ko. Sila man ay mga espiritu ng sora, mga aso o mga lobo, ibinubunyag nila ang kanilang tunay na mga anyo sa isang tiyak na panahon na Aking tinutukoy, dahil ang lahat ng ginagawa Ko ay bahagi ng Aking plano. Sa puntong ito ay dapat kang magkaroon ng ganap na malinaw na pagkaunawa!

Talaga bang nauunawaan mo kung ano ang tinutukoy ng kasabihang “Ang panahon ay malapit na”? Sa nakalipas, palagi ninyong iniisip na ito ay tumutukoy sa Aking araw, nguni’t binibigyang-pakahulugan ninyong lahat ang Aking mga salita batay sa inyong mga kuru-kuro. Hayaang sabihin Ko sa iyo! Mula ngayon, ang sinumang nagbibigay ng maling pakahulugan sa Aking mga salita ay walang dudang katawa-tawa! Ang mga salita na Aking binigkas, “Ang panahon ay malapit na,” ay tumutukoy sa inyong mga araw ng pagtatamasa ng mga pagpapala; ibig sabihin, mga araw kung kailan ang lahat ng masasamang espiritu ay wawasakin at palalayasin mula sa Aking iglesia at ang lahat ng paraan ng tao sa paggawa ng mga bagay-bagay ay tatanggihan. Bukod diyan, ang pagpapahayag na ito ay tumutukoy sa mga araw kung kailan ang lahat ng matitinding sakuna ay bababa. Tandaan ito! Lahat ng ito ay matitinding sakuna; huwag nang bigyan ng maling pakahulugan ito. Ang Aking matitinding sakuna ay bababa sa buong mundo mula sa Aking mga kamay nang sabay-sabay. Sila na nagkamit na ng Aking pangalan ay pagpapalain, at tiyak na hindi magtitiis ng ganitong pagdurusa. Natatandaan pa ba ninyo iyon? Nauunawaan ba ninyo ang Aking sinasabi? Ang sandali na nagsasalita Ako ay ang mismong sandali na nagsisimula Akong gumawa (kapag ang matitinding sakuna ay bumaba na, sa gayong sandali). Hindi ninyo totoong nauunawaan ang Aking mga intensyon. Alam ba ninyo kung bakit ganoon kahigpit ang mga hinihingi Ko sa inyo, nang hindi man lamang nagpapakita ng anumang kaluwagan sa inyo? Habang ang pandaigdigang katayuan ay maigting, at habang ang (tinatawag na) mga nasa kapangyarihan sa loob ng Tsina ay nagsasagawa ng lahat ng paghahanda, ito rin mismo ang panahon na malapit nang sumabog ang isang inorasang bomba. Sila na naghahanap ng tunay na daan mula sa pitong bansa ay desperadong dadagsa tungo sa Tsina gaya ng tubig sa mga pintuang-daan ng baha, anuman ang halaga nito. Ang ilan ay Akin nang napili, at ang iba ay nakatak dang maglingkod sa Akin, nguni’t walang panganay na anak sa gitna nila. Ako ang may gawa nito! Nagawa na ito nang nilikha Ko ang mundo. Alisin ang inyong pantaong mga kuru-kuro. Huwag isiping nagsasalita Ako ng walang kabuluhan! Ang Aking iniisip ay kung ano ang nagawa Ko na, at ang Aking plano ay isang bagay rin na natupad Ko na. Maliwanag ba ito sa inyo?

Ang lahat-lahat ay nakasalalay sa Aking mga iniisip at sa Aking plano. Anak Ko! Pinili kita para sa iyong kapakanan at, higit pa rito, ay dahil mahal Kita. Sinumang

nangangahas na sumuway sa isip, o magdulot ng paninibugho, ay mamamatay sa pamamagitan ng Aking sumpa at pagsunog. Kinapapalooban ito ng mga atas administratibo ng Aking kaharian, dahil ang kaharian ng kasalukuyan ay nabuo na. Gayunman, Aking anak, dapat kang maging maingat at hindi ito dapat ituring na isang uri ng puhunan. Dapat ay maging mapagsaalang-alang sa puso ng Ama at, sa pamamagitan nito, pahalagahan ang mabusising mga pagsisikap ng Ama. Mula rito, dapat maunawaan ng Aking anak kung anong uri ng tao ang Aking pinakamamahal, anong uri ng tao ang kasunod Kong minamahal, anong uri ng tao ang kinamumuhian Ko sa lahat, at anong uri ng tao ang Aking kinasusuklanan. Huwag patuloy na magbunton ng bigat sa iyong sarili. Anumang disposisyon ang mayroon ka ay nauna Ko nang isinaayos, at isang pahayag ng isang aspeto ng Aking banal na disposisyon. Iwaksi ang inyong mga agam-agam! Hindi Ako nagkikimkim ng galit tungo sa iyo. Paano Ko ito sasabihin? Hindi mo pa rin ba nauunawaan? Pinipigilan ka pa rin ba ng iyong mga takot? Kung sino ang tapat, kung sino ang maalab, kung sino ang tunay, kung sino ang mapanlinlang—alam Ko itong lahat, dahil gaya ng nasabi Ko na dati, alam Ko ang katayuan ng mga banal gaya ng likod ng Aking kamay.

Sa Aking mga mata, ang lahat ay matagal nang natupad at nabunyag (Ako ang Diyos na nagsusuring mabuti sa kaloob-looban ng mga puso ng mga tao; ang Aking hangarin ay para lamang ipakita sa inyo ang aspeto ng Aking normal na pagkatao.) Gayunman, sa inyong pananaw, ang lahat ay nakatago pa rin at wala pang natutupad. Ito ay ganap na sanhi ng katotohanan na hindi ninyo Ako nakikilala. Ang lahat ay nasa Aking mga kamay, ang lahat ay nasa ilalim ng Aking mga paa, at sinusuring mabuti ng Aking mga mata ang lahat ng bagay; sino ang makatatakas sa Aking paghatol? Lahat ng hindi malinis, sila na may mga bagay na itinatago, sila na humahatol sa Aking likuran, sila na nagkikimkim ng paglaban sa kanilang mga puso, at iba pa—lahat ng taong ito na itinuturing Kong hindi mahalaga sa Aking paningin ay dapat na lumuhod sa harapan Ko at ibsan ang kanilang mga sarili. Marahil, pagkatapos marinig ito, ang ilan ay bahagyang magaganyak, habang ang iba ay hindi maniniwalang ganito ito kaseryoso. Binabalaan Ko kayo! Nawa’y magmadaling magsisi ang marunong! Kung ikaw ay isang hangal, maghintay ka lamang! Pagdating ng panahon, tingnan mo kung sino itong daranas ng kalamidad!

Ang langit ay ang orihinal pa ring langit, at ang lupa ay ang orihinal pa ring lupa, nguni’t sa Aking pananaw, ang langit at ang lupa ay nabago na, at hindi na ang dating langit at lupa. Ano ang tinutukoy na langit? Alam ba ninyo? At ano ang tinutukoy na langit ng kasalukuyan? Ano ang tinukoy na langit ng nakaraan? Hayaan ninyong ipahayag Ko ito sa inyo: Ang langit ng nakaraan ay tumukoy sa Diyos na pinaniwalaan ninyo nguni’t walang sinuman ang nakakita, at Siya ang Diyos na pinaniwalaan ng mga tao nang buong katapatan (dahil Siya ay hindi nila nakikita). Ang langit ng kasalukuyan, sa isang banda, ay tumutukoy sa Aking normal na pagkatao gayundin sa Aking ganap na pagka-Diyos; ibig sabihin, ito ay tumutukoy sa praktikal na Diyos Mismo. Kapwa iisang Diyos,

kaya bakit Ko sinasabi na Ako ang bagong langit? Ito ay nakatuon lahat sa mga kurukuro ng tao. Ang lupa ng kasalukuyan ay tumutukoy sa kung saan kayo naroroon. Ang lupa ng nakaraan ay wala ni isa mang lugar na banal, samantalang ang mga lugar na pinupuntahan ninyo ngayon ay itinalaga na bilang banal. Kaya Aking sinasabi na isa itong bagong lupa. Ang ibig sabihin ng “bago” rito ay “banal.” Ang bagong langit at lupa ay ganap nang naisakatuparan ngayon. Nauunawaan na ba ninyo ito ngayon? Ibubunyag Ko ang lahat ng hiwaga sa inyo nang paisa-isang pahina. Huwag magmadali, at mas malalaki pang hiwaga ang ibubunyag sa inyo!

Kabanata 79

Bulag! Mangmang! Isang bunton ng walang-halagang basura! Inyong inihihiwalay ang Aking normal na pagkatao mula sa Aking ganap na pagka-Diyos! Hindi ba ninyo nakikita na ito ay isang kasalanan laban sa Akin? At higit pa, ito ay isang bagay na mahirap patawarin! Ang praktikal na Diyos ay dumating na sa inyo ngayon, ngunit ang inyo lamang alam ay ang isang bahagi Ko—ang Aking normal na pagkatao—at hindi pa man lamang nakita ang bahagi Ko na ganap ang pagka-Diyos. Akala mo ba hindi Ko alam kung sino ang sumusubok na dayain Ako kapag nakatalikod Ako? Hindi Kita pinupuna, tinitingnan Ko lamang kung anong antas ang maaabot mo, at kung ano ang iyong kahahantungan sa huli. Ang Aking mga salita ay nasabi na nang daan-daang libo, ngunit kayo ay nakagawa pa rin ng maraming masasamang bagay. Bakit paulit-ulit ninyong sinusubukang dayain Ako? Mag-ingat ka na mawala ang iyong buhay! Kung iyong pagniningasin ang Aking galit hanggang sa isang antas, hindi Kita pakikitaan ng habag, at sisipain ka palabas. Hindi Ko isasaalang-alang kung paano ka dati, kung ikaw man ay tapat o masigasig, kung gaano ka kumilos, kung gaano ka gumugol para sa Akin; hindi Ko man lamang titingnan ang mga bagay na ito. Kailangan mo lamang na galitin Ako ngayon at itatapon Kita sa walang-hanggang kalaliman. Sino ang naglalakas-loob pa rin na subukang dayain Ako? Tandaan mo ito! Mula ngayon, kapag Ako ay nagalit, kahit pa kanino, aalisin Kita agad upang hindi na magkaroon ng kaguluhan sa hinaharap at upang hindi na Kita makita pang muli. Kapag lumaban ka sa Akin, agad-agad Kitang kakastiguhin. Matatandaan ba ninyo ito? Yaong matatalino sa inyo ay dapat na agarang magsisi.

Ngayong araw—ibig sabihin, ngayon—Ako ay puno ng poot. Kayong lahat ay dapat na maging tapat sa Akin at ialay ang iyong buong pagkatao sa Akin. Hindi ka na dapat magpatagal. Kung hindi mo pakikinggan ang Aking mga salita, Aking iuunat ang Aking kamay at pababagsakin Kita. Sa paggawa nito, ipakikila Ko ang Aking sarili sa lahat; sa araw na ito, Ako ay puno ng poot at maringal sa lahat (na mas matindi kaysa sa Aking paghatol). Marami na Akong nasambit na mga salita, ngunit kayo ay hindi man lamang tumugon; talaga bang ganoon kapurol ang inyong pag-iisip? Hindi Ko iniisip na ganoon

kayo. Ito ay ang matandang diyablo sa loob ninyo, na gumagawa ng kaguluhan. Nakikita ba ninyo ito nang malinaw? Magmadali kayong magpatupad ng radikal na pagbabago! Ngayong araw, ang gawain ng Banal na Espiritu ay umusad na hanggang sa yugtong ito; hindi ba ninyo ito nakita? Ang Aking pangalan ay kakalat mula sa bahay-bahay, sa lahat ng bansa at sa lahat ng direksyon, at isisigaw mula sa mga bibig ng kapwa matatanda at mga bata sa buong mundong sansinukob; ito ay isang ganap na katotohanan. Ako ang walang-katulad na Diyos Mismo at, higit pa, Ako ang kaisa-isang persona ng Diyos. Bukod pa roon, Ako, ang kabuuan ng katawang-tao, ang ganap na pagpapakita ng Diyos. Sinumang maglalakas-loob na hindi gumalang sa Akin, sinumang maglalakas-loob na magpakita ng paglaban sa kanilang mga mata, at sinumang maglalakas-loob na magsalita ng mga salita ng paglaban sa Akin ay tiyak na mamamatay mula sa Aking mga sumpa at poot (magkakaroon ng pagsumpa dahil sa Aking poot). At sinumang maglalakas-loob na hindi maging tapat o maging anak sa Akin, at sinumang maglalakas-loob na subukang manlinlang sa Akin ay tiyak na mamamatay sa Aking pagkamuhi. Ang Aking katuwiran, kamahalan at paghatol ay mananatili magpakailan pa man. Noong una, Ako ay mapagmahal at mahabagin, ngunit hindi ito ang disposisyon ng Aking ganap na pagka-Diyos; katuwiran, kamahalan at paghatol lamang ang bumubuo sa disposisyon Ko—ang ganap na Diyos Mismo. Noong Kapanahunan ng Biyaya, Ako ay mapagmahal at mahabagin. Dahil sa gawain na kailangan Kong tapusin, taglay Ko ang maibiging kabaitan at habag; ngunit pagkatapos, wala nang pangangailangan para sa mga ganoong bagay (at hindi na nagkaroon simula noon). Pawang katuwiran, kamahalan, at paghatol, at ito ang ganap na disposisyon ng Aking normal na pagkatao kasama ang Aking ganap na pagka-Diyos.

Yaong mga hindi nakakakilala sa Akin ay mamamatay sa walang-hanggang kalaliman, habang yaong mga nakatitiyak sa Akin ay mabubuhay magpakailanman, upang kalingain at pangalagaan sa loob ng Aking pag-ibig. Sa sandaling Ako ay magwika ng isang salita, ang buong sansinukob at ang mga dulo ng lupa ay yayanig. Sino ang makaririnig sa Aking mga salita at hindi manginginig sa takot? Sino ang makapagpipigil na mapuno ng paggalang para sa Akin? Sino ang walang kakayahang malaman ang Aking katuwiran at kamahalan mula sa Aking mga gawa! At sino ang hindi nakakakita sa Aking pagiging makapangyarihan sa lahat at karunungan sa Aking mga gawa! Sinumang hindi nagbibigay-pansin ay tiyak na mamamatay. Ito ay dahil yaong mga hindi nagbibigay-pansin ay yaong mga lumalaban sa Akin at hindi nakakakilala sa Akin; sila ang arkanghel, at ang pinakawalang pakundangan. Suriin ninyo ang inyong mga sarili: Sinumang walang pakundangan, mapagmagaling, palalo at mapagmataas ay tiyak na pagtutuunan ng Aking pagkamuhi, at tiyak na mamamatay!

Akin ngayong ipinahahayag ang mga atas administratibo ng Aking kaharian: Ang lahat ng bagay ay nasa loob ng Aking paghatol, lahat ng bagay ay nasa loob ng Aking katuwiran, lahat ng bagay ay nasa loob ng Aking kamahalan, at isinasagawa Ko ang Aking katuwiran sa lahat. Yaong mga nagsasabi na sila ay naniniwala sa Akin subalit

sa kaibuturan ay sinasalungat Ako, o yaong ang mga puso ay tumalikod na sa Akin ay sisipain palabas—ngunit ang lahat ay sa Aking sariling tamang panahon. Ang mga taong nagsasalita nang may panunuya tungkol sa Akin, ngunit sa paraan na hindi napapansin ng ibang tao, ay agad na mamamatay (mamamatay sila sa espiritu, katawan, at kaluluwa). Yaong mga nang-aapi o malamig ang pakikitungo sa Aking minamahal ay agad na hahatulan ng Aking poot. Ibig nitong sabihin, ang mga taong naninibugho sa Aking mga minamahal, at iniisip na Ako ay hindi matuwid, ay ipapasa upang mahatulan ng Aking minamahal. Lahat ng may mabuting-asal, simple, at tapat (kabilang yaong mga kulang sa karunungan), at nakikitungo sa Akin nang may matatag na katapatan, ay mananatiling lahat sa Aking kaharian. Yaong mga hindi dumaan sa pagsasanay—ibig sabihin, yaong mga tapat na tao na kulang sa karunungan at kaunawaan—ay magkakaroon ng kapangyarihan sa Aking kaharian. Subalit, sila ay dumaan din sa pakikitungo at pagbasag. Na sila ay hindi dumaan sa pagsasanay ay hindi ganap. Sa halip, sa pamamagitan ng mga bagay na ito na Aking ipakikita sa lahat ang Aking pagka-makapangyarihan sa lahat at ang Aking karunungan. Aking sisipain palabas yaong mga nag-aalinlangan pa rin sa Akin; hindi Ko nais ang isa man sa kanila (Aking kinamumuhian ang mga taong nag-aalinlangan pa rin sa Akin sa panahong gaya nito). Sa pamamagitan ng mga gawa na Aking ginagawa sa buong sansinukob, Aking ipakikita sa mga tapat na tao ang pagiging kamangha-mangha ng Aking mga gawa, sa gayon ay palalaguin ang kanilang karunungan, kaunawaan, at pag-arok. Sasanhiin Ko rin ang mga mapanlinlang na tao na mawasak sa isang iglap bilang resulta ng Aking kamangha-manghang mga gawa. Lahat ng panganay na anak na unang tumanggap sa Aking pangalan (ibig sabihin yaong mga banal at walang-dungis, tapat na mga tao) ang mauunang pumasok sa kaharian at mamamahala sa lahat ng bansa at lahat ng lahi na kasama Ko, mamumuno bilang mga hari sa kaharian at hahatol sa lahat ng bansa at lahat ng lahi (ito ay tumutukoy sa lahat ng panganay na anak sa kaharian, at wala nang iba). Yaong mga nasa lahat ng bansa at lahat ng lahi na nahatulan na, at nangagsisi na, ay papasok sa Aking kaharian at magiging Aking bayan, habang yaong matitigas ang ulo at hindi nangagsisi ay itatapon sa walang-hanggang kalaliman (upang mamatay magpakailanman). Ang paghatol sa loob ng kaharian ay magiging ang huling paghatol, at ang Aking lubusang paglilinis ng sanlibutan. Hindi na magkakaroon pa ng anumang kawalan ng katarungan, dalamhati, mga luha, o mga buntong-hininga, at, lalong higit pa, hindi na magkakaroon ng sanlibutan. Ang lahat ay magiging pagpapakita ni Cristo, at ang lahat ay magiging ang kaharian ni Cristo. Anong luwalhati! Anong luwalhati!

Kabanata 80

Sa lahat ng bagay, kinakailangan ang tunay na komunikasyon sa Akin para mabigyan ng kaliwanagan at matanglawan ang isang tao; sa pamamagitan lamang nito magiging payapa ang espiritu. Kung hindi, ang espiritu ay hindi mapapayapa. Sa kasalukuyan, ang pinakamalalang karamdaman ninyo ay ang paghihiwalay ng Aking normal na pagkatao mula sa Aking ganap na pagka-Diyos; higit pa rito, ang karamihan sa inyo ay nagtutuon sa Aking normal na pagkatao, na para bang hindi ninyo kailanman nalaman na mayroon din Akong ganap na pagka-Diyos. Nilalapastangan Ako nito! Alam ba ninyo iyon? Ang inyong karamdaman ay napakalala na kung hindi kayo magmamadali at gagaling ay papatayin kayo ng Aking kamay. Sa Aking harap ay nag-aasal kayo sa isang paraan (nagpapakita bilang isang marangal na tao; mapagkumbaba at matiyaga), ngunit sa Aking likuran ay ganap na naiiba ang inaasal ninyo (lubos na mapagpaimbabaw, walang-patumangga at walang pagpipigil, ginagawa ang anumang nais ninyong gawin, lumilikha ng mga paghahati-hati, nagtatatag ng sariling mga kaharian, inaasam na ipagkanulo Ako). Kayo ay bulag! Buksan ang iyong mga mata na napalabo na ni Satanas! Tingnan mo kung sino talaga Ako! Wala kang hiya! Hindi mo alam na kamangha-mangha ang Aking mga pagkilos! Hindi mo alam ang Aking pagiging makapangyarihan sa lahat! Sino ang masasabi na gumagawa ng serbisyo kay Cristo kahit hindi pa siya naliligtas? Hindi mo alam kung anong papel ang iyong ginagampanan! Sa totoo lamang ay lumalapit ka sa harap Ko na balatkayong nagpapakita ng iyong mga panghalina—kaawa-awa ka! Patatalsikin kita sa Aking sambahayan, hindi Ko ginagamit ang ganitong uri ng tao dahil hindi Ko sila itinalaga o pinili.

Ginagawa Ko ang sinasabi Ko, ang mga gumagawa ng masama ay hindi dapat matakot; hindi Ako gumagawa ng mali sa kanino mang tao. Lagi Akong kumikilos ayon sa Aking plano at kumikilos ayon sa Aking pagiging matuwid. Dahil ang mga gumagawa ng masama ay naging mga inapo ni Satanas simula noong paglikha, hindi Ko sila pinili; ito ang ibig sabihin ng “magbago man ang kinalalagyan o anyo ng mga bundok at ilog, ang kalikasan ng isang tao ay hindi magbabago.” Sa mga bagay na hindi mauunawaan ng sangkatauhan, lahat ay nilinaw na at walang natatago sa Akin. Marahil ay makakapagtago ka ng isang bagay mula sa paningin ng maliit na bilang ng mga tao, o makuha pa nga ang tiwala ng maraming tao, ngunit sa Akin, ito ay hindi napakadali. Sa katapusan, hindi kayo makakatakas sa Aking paghatol. Ang pagtitig ng sangkatauhan ay limitado, at kahit ang mga nakakaunawa sa maliit na bahagi ng kasalukuyang sitwasyon ay ibinibilang na kasama ng mayroong kaunting kasanayan. Para sa Akin, lahat ay nagpapatuloy nang maayos at walang humahadlang sa Aking daan nang kahit kaunti, dahil ang lahat ay nasa ilalim ng Aking pagkontrol at pagsasaayos. Sino ang mangangahas na hindi magpasakop sa Aking pagkontrol! Sino ang mangangahas na gambalain ang Aking pamamahala! Sino ang mangangahas na magtaksil o maging suwail sa Akin! Sino ang mangangahas na magsabi sa Akin ng isang bagay na hindi

totoo, kundi magsasabi sa Akin ng isang kumpol ng kasinungalingan! Walang sinuman sa kanila ang makakatakas mula sa Aking napopoot na kamay. Kahit na sumuko ka na ngayon, at handa kang makastigo, at pumasok sa walang-hanggang hukay, hindi kita basta palalampasin. Dapat kitang iahon mula sa walang-hanggang hukay para muli kang maisailalim sa Aking kaparusahang puno ng poot (napakatinding pagkamuhi). Mayroon ka bang lugar na matatakbuhan? Ang bagay na kinasusuklaman Ko nang higit sa lahat ay ang paghihiwalay ng Aking normal na pagkatao mula sa Aking ganap na pagka-Diyos.

Pinagpala ang mga tapat sa Akin; ibig sabihin, pinagpala ang mga totoong kumikilala sa Akin bilang ang Diyos Mismo na malapitang nagsusuri sa puso ng tao. Tiyak na pararamihin Ko ang iyong mga pagpapala at tutulutan kang tamasahin ang mabubuting pagpapala sa Aking kaharian magpakailanman. Ito rin ang pinakamabisang paraan para hiyain si Satanas. Gayunpaman, huwag masyadong mainip o mabahala; may panahon Akong itinakda para sa lahat. Kung ang itinakda Kong panahon ay hindi pa dumarating, kung gayon ay kahit na kulang pa ito ng iisang segundo, hindi Ako kikilos. Kumikilos Ako nang tumpak at ayon sa isang ritmo; hindi Ako kumikilos nang walang dahilan. Sa pananaw ng mga tao, Ako ay hindi naliligalig ng pag-aalala sa anumang paraan; kasintatag Ako ng Bundok Tai—ngunit hindi mo ba alam na Ako ang Diyos Mismo na makapangyarihan sa lahat? Huwag masyadong mainip; ang lahat ay nasa Aking mga kamay. Ang lahat ay matagal nang naihanda, at hindi sila makakapaghintay na gumawa ng serbisyo sa Akin. Ang buong mundo ng sansinukob ay mukhang nasa kaguluhan sa panlabas, ngunit sa Aking pagtanaw, ang lahat ay may kaayusan. Ang inihanda Ko na para sa inyo ay para lamang sa inyong pagtatamasa. Natatanto ba ninyo ito? Huwag ninyong isingit ang inyong mga sarili sa Aking pamamahala. Hahayaan Kong makita ng lahat ng mga tao at lahat ng bansa ang Aking pagiging makapangyarihan sa lahat mula sa Aking mga kilos, at hahayaan Ko silang luwalhatiin at purihin ang banal Kong pangalan dahil sa Aking kamangha-manghang mga gawa. Ito ay dahil sinabi Ko nang wala Akong ginagawa na walang basehan; sa halip, ang lahat ay puno ng Aking karunungan at ng Aking kapangyarihan, gayundin ng Aking pagiging matuwid at pagiging maharlika, at higit pa rito, ng Aking poot.

Ang mga nagigising kaagad pagkarinig ng Aking mga salita ay tiyak na tatanggap ng Aking mga pagpapala at tiyak na tatanggap ng Aking pangangalaga at kalinga. Hindi sila daranas ng pagdurusa ng pagkastigo; sa halip, tatamasahin nila ang kaligayahan ng pamilya. Alam ba ninyo ito? Ang pagdurusa ay walang hanggan, at ang galak ay higit pang walang hanggan; ang mga iyon ay kapwa nararanasan simula ngayon. Kung ikaw man ay magdurusa o magagalak ay nakadepende sa saloobing mayroon ka habang kinikilala mo ang iyong kasalanan. Kung ikaw naman ay isa sa Aking paunang itinalaga at hinirang o hindi, dapat kang makatiyak dito batay sa iyong nasabi na. Madadaya mo ang mga tao, ngunit hindi mo Ako madadaya. Ang mga paunang itinalaga at hinirang Ko na ay pagpapalain nang masagana simula ngayon; tungkol naman sa mga hindi Ko

paunang itinalaga at hinirang, marahas Ko silang kakastiguhin simula ngayon. Ito ang magiging patunay Ko sa inyo. Ang mga pinagpapala ngayon ay walang dudang Aking mga minamahal; tungkol naman sa mga kinakastigo, hindi na kailangang sabihin na hindi Ko sila paunang itinalaga at hinirang. Dapat ay maging malinaw ito sa iyo! Ibig sabihin niyan, kung ang nakukuha mo ngayon ay ang pagwawasto Ko, at kung natatanggap mo ang mga salita ng Aking marahas na paghatol, kung gayon ay kinamumuhian ka at kinasusuklanan sa Aking puso at ikaw ay isa sa Aking mga itatapon. Kung tumatanggap ka ng Aking kaaliwan at ng Aking kaloob na buhay, kung gayon ikaw ay Aking pag-aari; ikaw ay isa sa Aking minamahal. Hindi mo malalaman ito batay sa Aking panlabas na itsura. Huwag masiraan ng isip tungkol dito!

Ang Aking mga salita ay nangungusap sa tunay na katayuan ng bawat tao. Naniniwala ba kayong basta Ko tinatalakay ang kahit anong mga paksa, o na sinasabi Ko kung anuman ang gusto Kong sabihin? Hinding-hindi! Sa bawat salita Ko ay natatago ang Aking karunungan. Dapat mo lamang ituring na katotohanan ang Aking mga salita. Sa loob ng napakaikling panahon, ang mga banyagang naghahanap ng tunay na daan ay magsisipasok. Kapag nangyayari na iyan ay matitigilan kayo, at ang lahat ay maisasakatuparan nang walang kahirap-hirap. Hindi ba ninyo alam na Ako ang Diyos na makapangyarihan sa lahat? Pagkarinig ng Aking mga salita, matatag ninyong pinaniniwalaan ang mga ito, hindi ba? Hindi Ako nagkakamali at lalong hindi Ako bumibigkas ng mga maling pahayag. Alam ba ninyo ito? Kaya paulit-ulit Kong binibigyang-diin na dapat ninyong tanggapin kaagad ang Aking pagsasanay, para mapangunahan at maakay sila. Alam ba ninyo ito? Sa pamamagitan ninyo, gagawin Ko silang perpekto. Mas mahalaga pa rito, sa pamamagitan ninyo ay magpapamalas Ako ng malalaking tanda at kababalaghan; ibig sabihin, sa gitna ng mga minamaliit ng sangkatauhan ay pumili Ako ng isang pangkat ng mga tao na maghahayag sa Akin, na magluluwalhati sa Aking pangalan, na mamamahala ng lahat para sa Akin, at mamumuno bilang mga haring kasama Ko. Samakatuwid, ang pagsasanay Ko sa inyo ngayon ang pinakadakilang pamamahala sa mundo; ito ay isang kamanghamanghang bagay na hindi kayang isakatuparan ng sangkatauhan. Sa pamamagitan ng pagpeperpekto sa inyo ay itatapon Ko si Satanas tungo sa lawa ng apoy at asupre at sa walang hanggang hukay, ganap na ihahagis ang malaking pulang dragon sa kamatayan nito at hindi na muling babangon kailanman. Samakatuwid, lahat ng itinatapon sa walang hanggang hukay ay mga inapo ng malaking pulang dragon. Kinasusuklanan Ko sila nang sukdulan. Ito ay naipatupad Ko na. Hindi ba ninyo ito makita? Lahat ng hindi tapat, at lahat ng gumagawa ng kabuktutan at pandaraya ay nalantad na. Ang mga mapagmalaki, palalo, nag-aakalang mas matuwid kaysa sa iba, at bastos ay mga inapo ng arkanghel, at sila ang mga pinakatipo ni Satanas—silang lahat ay ang Aking isinumpang mga kaaway, ang Aking mga kalaban. Dapat ay isa-isa Ko silang parusahan upang mapawi ang galit sa Aking puso. Gagawin Ko ito nang paisa-isa at lulutasin ito nang paisa-isa.

Ngayon, ano talaga ang lawa ng apoy at asupre at ang walang hanggang hukay? Sa imahinasyon ng tao, ang lawa ng apoy at asupre ay isang materyal na bagay, ngunit hindi alam ng sangkatauhan na ito ay isang maling-mali na pagpapaliwanag. Gayunman ay nasa isipan pa rin ito ng mga tao. Ang lawa ng apoy at asupre ay ang Aking kamay na naggagawad ng kaparusahan sa sangkatauhan; sinuman ang itinapon sa lawa ng apoy at asupre ay napaslang na ng Aking kamay. Ang mga espiritu, mga kaluluwa, at mga katawan ng mga taong ito ay magdurusa magpakailanman. Ito ang tunay na kahulugan ng Aking mga salita nang sabihin Ko na ang lahat ay nasa Aking mga kamay. Ano kung gayon ang kahulugan ng walang hanggang hukay? Ipinapalagay ng mga tao na ito ay isang malaking bangin na walang katapusan at hindi maarok ang kalaliman. Ang tunay na walang hanggang hukay ay ang impluwensiya ni Satanas. Kung ang isang tao ay nahuhulog sa mga kamay ni Satanas, ang taong ito ay nasa walang-hanggang hukay; kahit na tubuan pa siya ng mga pakpak ay hindi siya makalilipad palabas. Ito ang dahilan kaya tinawag itong walang-hanggang hukay. Ang lahat ng mga taong ito ay isasailalim sa walang hanggang pagkastigo; ganito ang paraan ng pagsasaayos Ko rito.

Kabanata 81

Napakasama at napakamapangalunya ng matandang kapanahunan ito! Lalamunin kita! Bundok ng Sion! Bumangon upang Ako'y ipagbunyi! Para sa kaganapan ng Aking planong pamamahala, para sa matagumpay na kaganapan ng Aking dakilang gawain, sinong nangangahas na hindi bumangon at magsaya! Sinong nangangahas na hindi bumangon at tumalon sa galak nang walang humpay? Mamamatay sila sa Aking mga kamay! Isinasakatuparan Ko ang pagkamakatuwiran sa lahat, wala ni katiting na awa o kabutihang-loob, at ginagawa Ko iyon nang wala ni anumang damdamin. Lahat ng tao! Bumangon kayo upang magpuri at luwalhatiin Ako! Lahat ng walang-katapusang luwalhati, mula sa kawalang-hanggan hanggang sa kawalang-hanggan, ay umiiral dahil sa Akin at itinatag sa pamamagitan Ko. Sino ang mangangahas na kunin ang luwalhati para sa kanyang sarili? Sino ang mangangahas na ituring ang Aking luwalhati bilang isang materyal na bagay? Papaslangin sila ng Aking kamay! O, malulupit na tao! Ako ang lumikha sa inyo at nagtustos sa inyo, at pinamunuan Ko kayo hanggang sa araw na ito, gayunma'y hindi ninyo Ako kilala nang kahit kaunti at hindi man lamang ninyo Ako minamahal. Paano Ako muling makakapagpakita ng habag sa inyo? Paano Ko kayo maililigtas? Maaari Ko lamang kayong tratuhin sa pamamagitan ng Aking poot! Susuklian Ko kayo ng pagkawasak at ng walang-hanggang pagkastigo. Ito ang pagkamakatuwiran; ito lamang ang natatanging paraan.

Ang Aking kaharian ay buo at matatag; hindi ito kailanman guguhin. Iral ito hanggang sa kawalang-hanggan! Ang Aking mga anak, ang Aking mga panganay na anak, at ang Aking bayan ay magtatamasa ng mga pagpapala kasama Ko magpakailan pa man! Sila

na hindi nakakaunawa ng espirituwal na mga bagay at hindi tumatanggap ng mga pahayag mula sa Banal na Espiritu ay aalisin mula sa Aking kaharian sa malao't madali. Hindi sila aalis sa kanilang kagustuhan kundi sapilitang palalabasin sa pamamagitan ng alituntunin ng Aking bakal na pamalo at ng Aking kamahalan; gayundin, sila ay sisipain ng Aking paa. Sila na dating sinapian ng masasamang espiritu sa ilang panahon (ibig sabihin, simula sa pagkasilang) ay mabubunyag lahat ngayon. Sisipain kita palabas! Natatandaan pa ba ninyo ang nasabi Ko na? Ako—ang banal at walang-bahid na Diyos—ay hindi nananahan sa isang mabaho at maruming templo. Alam iyon ng mga sinapian ng masasamang espiritu sa kanilang mga sarili at hindi Ko na kailangang linawin pa. Hindi kita itinalaga! Ikaw ay matandang Satanas, subalit nais mong pasukin ang Aking kaharian! Hinding-hindi! Sinasabi Ko sa iyo! Ngayon ay gagawin Kong napakalinaw para sa iyo: Sila na pinili Ko sa panahon ng paglikha ng sangkatauhan ay pinuspos Ko na ng Aking katangian at ng Aking disposisyon; samakatuwid, ngayon sila ay tapat lamang sa Akin, kaya nilang magdala ng pasanin para sa iglesia, at handa nilang gugulin ang kanilang mga sarili para sa Akin at ialay ang kanilang buong pagkatao sa Akin. Sila na hindi Ko pinili na samakatuwid ay ginawa nang tiwali ni Satanas hanggang sa isang tiyak na antas, at hindi sila nagtataglay ng Aking katangian at ng Aking disposisyon. Iniisip ninyo na magkakasalungat ang Aking mga salita, ngunit ang mga salitang “Kayo ay itinalaga at pinili Ko, gayunman ay dadalhin ninyo ang mga bunga ng inyong mga pagkilos” ay tumutukoy lahat kay Satanas. Ngayon, Aking ipapaliwanag ang isang punto: Ngayong araw na ito, sila na mga makakabangon at makakahawak ng awtoridad sa mga iglesia, makakaakay sa mga iglesia, makakapagsaalang-alang ng Aking pasanin, at makakatupad ng mga tanging tungkulin—wala ni isa sa mga taong iyon ang naglilingkod kay Cristo; silang lahat ay ang Akin nang itinalaga at pinili. Sinasabi Ko ito sa inyo para hindi kayo masyadong mabahala at maantala ang inyong pagsulong sa buhay. Ilan ang makakapagkamit ng katayuan ng mga panganay na anak? Maaari kaya itong maging kasing dali ng pagkuha ng isang diploma? Imposible! Kung hindi sa pagpeperpekto Ko sa inyo, matagal na sana kayong nagawang tiwali ni Satanas hanggang sa isang tiyak na antas. Ito ang dahilan kung bakit paulit-ulit Kong idinidiin na lagi Kong lilingapin at pangangalagaan ang mga tapat sa Akin at ipagtatanggol sila mula sa kapahamakan at pagdurusa. Ang mga hindi Ko naitalaga ay silang sinapian na ng masasamang espiritu; sila na mga manhid, mahina ang isip, at bansot sa espirituwal, at hindi kayang mag-akay ng mga iglesia (ibig sabihin sila na masigasig ngunit hindi tiyak tungkol sa mga pangitain). Dapat kang alisin kaagad sa Aking paningin, at kung mas maaga ay mas mabuti para hindi Ako mandiri at magalit sa pagkakita sa iyo. Kung mabilis kang makakalayo, mas kakaunting pagkastigo ang matatanggap mo, ngunit kung mas matatagalan ka, mas marahas ang magiging pagkastigo. Nauunawaan mo ba? Huwag maging masyadong makapal ang mukha! Ikaw ay walang-patumangga at hindi mapigil, hindi nag-iisip at walang-ingat, at walang ideya kung anong uri ka ng basura! Bulag ka!

Sila na humahawak ng kapangyarihan sa Aking kaharian ay maingat Kong piniling lahat at sumailalim sa paulit-ulit na mga pagsubok; walang sinuman ang makakatalo sa kanila. Binigyan Ko na sila ng lakas, kaya hindi sila kailanman babagsak o maliligaw. Nakamit na nila ang Aking pagsang-ayon. Mula sa araw na ito, ang mga mapagpaimbabaw ay magpapakita ng kanilang mga totoong kulay. May kakayahan silang gawin ang lahat ng klase ng mga kahiya-hiyang mga bagay, ngunit sa kahuli-hulihan ay hindi nila matatakan ang Aking kamay na kumakastigo at sumusunog kay Satanas. Ang Aking templo ay magiging banal at walang-bahid. Lahat ng ito ay patotoo sa Akin, isang pagpapamalas sa Akin, at luwalhati sa Aking pangalan. Ang Aking templo ang Aking walang-hanggang tahanan at ang layon ng Aking walang-hanggang pag-ibig, malimit Ko itong hinahaplos gamit ang kamay ng pag-ibig, inaalo ito sa wika ng pag-ibig, inaalagaan ito sa mga mata ng pag-ibig, at niyayakap ito sa sinapupunan ng pag-ibig upang hindi ito mahulog sa mga bitag ng masasama o madaya ni Satanas. Ngayon, sila na nagbibigay ng paglilingkod sa Akin ngunit hindi nailigtas ay Aking gagamitin sa huling pagkakataon. Bakit Ako nagmamadaling alisin ang mga bagay na ito mula sa Aking kaharian? Bakit Ko sila dapat itaboy mula sa Aking paningin? Kinamumuhian Ko sila hanggang sa utak ng Aking mga buto! Bakit hindi Ko sila inililigtas? Bakit gayon na lamang ang Aking pagkasuklam sa kanila? Bakit dapat Ko silang patayin? Bakit kailangan Ko silang wasakin? (Wala ni katiting nila ang makakapanatili sa Aking paningin, kabilang ang kanilang mga abo.) Bakit? Maging ang malaking pulang dragon, ang sinaunang ahas, at matandang Satanas ay naghahangad ng di-nararapat na kabuhayan sa Aking kaharian! Huwag nang magpantasya! Lahat sila ay walang mararating at magiging mga abo!

Wawasakin Ko ang kapanahunang ito, babaguhin ito upang maging Aking kaharian, at mabubuhay at magtatamasa kasama ng mga taong Aking minamahal hanggang sa kawalang-hanggan. Ang maruruming bagay na iyon ay hindi dapat mag-isip na makakapanatili sila sa Aking kaharian. Iniisip ba ninyong makakapangisda kayo sa malabong katubigan? Kalimutan ang mga gayong pagpapantasya! Hindi ninyo alam na ang lahat ay nakikita ng Aking mga mata! Hindi ninyo alam na ang lahat ay iniayos ng Aking mga kamay! Huwag ninyong isipin na masyado kayong tinitingnan nang napakataas! Bawat isa sa inyo ay dapat lumagay sa dapat ninyong pagkalagyan. Huwag magkunwaring mapagkumbaba (tinutukoy Ko silang mga pinagpala) o manginig at matakot (tinutukoy Ko sila na nagdurusa ng kasawiampalad). Ngayon, dapat malaman ng mga tao mismo ang lahat sa loob ng kanilang mga puso. Kahit na hindi Ko binabanggit ang inyong pangalan dapat pa rin kayong makadama ng katiyakan, dahil itinuon Ko na ang Aking mga salita sa bawat indibiduwal. Kung kayo man ay Aking napili o hindi, ang Aking mga salita ay nakatuon sa lahat ng inyong kasalukuyang mga katayuan. Ibig sabihin niyan, kung kayo ay kasama sa Aking mga pinili, kung gayon nagsasalita Ako tungkol sa kalagayan ng Aking mga pinili batay sa kung papaano ninyo inilahad ang inyong mga sarili; para naman sa kanilang hindi kabilang sa Aking mga

pinili, nagsasalita rin Ako ayon sa kanilang mga kalagayan. Samakatuwid, ang Aking mga salita ay sinabi hanggang sa isang punto; bawat isa sa inyo ay dapat magkaroon ng mabuting pang-unawa tungkol diyan. Huwag dayain ang inyong mga sarili! Huwag matakot! Dahil limitado lamang sa iilan ang bilang ng mga tao, walang bisa ang pandaraya! Sinumang sinasabi Ko na pinili ay pinili at gaano ka man kagaling magkunwari, kung wala ang Aking katangian ikaw ay mabibigo. Dahil tinutupad Ko ang Aking salita, hindi Ko basta na lamang sinisira ang Aking sariling mga plano; ginagawa Ko kung anuman ang gusto Kong gawin, dahil lahat ng ginagawa Ko ay tama. Ako ang pinakamataas, at Ako ay natatangi. Maliwanag ba ito sa inyo? Nauunawaan ba ninyo?

Ngayon, pagkatapos basahin ang Aking mga salita, sila na gumagawa ng masama at mga liko at mandaraya ay nagpapagal din para maghanap ng pag-unlad at gawin ang kanilang pansariling mga pagsisikap. Nais nilang magbayad ng maliit lamang na halaga upang unti-unting makagapang papasok sa Aking kaharian. Dapat nilang isantabi ang gayong mga pag-iisip! (Ang mga taong ito ay walang pag-asa dahil hindi Ko sila binigyan ng pagkakataong magsisi.) Binabantayan Ko ang pintuan ng Aking kaharian. Naniniwala ka ba na makakapasok ang mga tao sa Aking kaharian ayon sa kanilang kagustuhan? Naniniwala ka ba na basta na lamang tatanggapin ng Aking kaharian ang anumang uri ng patapong-bagay? Na kukunin ng Aking kaharian ang anumang uri ng basurang walang halaga? Nagkakamali ka! Ngayon, sila na nasa kaharian ay sila na kasama Kong humahawak ng makaharing kapangyarihan; maingat Ko silang pinagyaman. Ito ay isang bagay na hindi makakamit kung gugustuhin lamang; dapat mong makuha ang aking pagsang-ayon. Higit pa rito, hindi ito isang bagay na tinatalakay sa kahit sino; ito ay isang bagay na Ako Mismo ang nagsaayos. Anumang sabihin Ko ay siyang nangyayari. Ang Aking mga hiwaga ay ibinubunyag sa Aking mga minamahal. Sila na gumagawa ng masama—sila na hindi Ko pinili ay walang karapatang tumanggap ng mga iyon. Kahit pa marinig nila ang mga hiwagang iyon, hindi nila mauunawaan dahil tinakpan na ni Satanas ang kanilang mga mata at hinawakan ang kanilang mga puso upang sirain ang kanilang buong pagkatao. Bakit sinasabi na kamangha-mangha at marunong ang Aking mga pagkilos, at na pinakikilos Ko ang lahat ng bagay para maglingkod sa Akin? Ipapasa Ko kay Satanas ang mga hindi Ko itinalaga at pinili para parusahan at gawin silang tiwali; at hindi Ako ang magpaparusa sa kanila; ganito Ako karunong! Mayroon na bang nakaisip nito? Nang walang kahirap-hirap, ang Aking dakilang gawain ay natupad na, hindi ba?

Kabanata 82

Kapag narinig nila ang Aking mga salita, lahat ay takot na takot; bawat tao ay puno ng pangamba. Ano ang inyong ikinatatakot? Hindi Ko kayo papatayin! Nakokonsiyensya kasi kayo; wala kasing kabuluhan at walang halaga ang ginagawa ninyo kapag

nakatalikod Ako. Dahil dito ay muhing-muhi Ako sa inyo kaya marubdob Kong ninanais na sana ay naitapon Ko sa walang-hanggang hukay ang lahat ng hindi Ko paunang itinalaga at hinirang, para magkadurug-durog. Gayunpaman, mayroon Akong plano; mayroon Akong mga mithiin. Pansamantala Ko munang palalampasin ang hamak mong buhay, at hindi kita patatalsikin hanggang matapos ang iyong paggawa ng serbisyo sa Akin. Ayaw Kong makita ang gayong mga nilalang; kahihiyan sila sa Aking pangalan! Alam mo ba ito? Nauunawaan mo ba? Mga walanghiyang walang-silbi! Tandaan mo ito! Kapag ginagamit ka, Ako ang may kagagawan niyon, at kapag hindi ka ginagamit, Ako rin ang may kagagawan niyon. Ako ang nagsasaayos ng lahat, at sa mga kamay Ko, lahat ay matino at maayos. Sinuman ang nangangahas na kumilos nang lihis ay agad pababagsakin ng Aking mga kamay. Malimit Kong sabihing “pababagsakin”; palagay mo ba ginagawa Ko talaga iyan sa sarili Kong mga kamay? Hindi Ko kailangang gawin iyan! Ang Aking mga kilos ay hindi kasinghangal ng iniisip ng mga tao. Ano ang kahulugan kapag sinasabi na lahat ay itinatakda at isinasakatuparan ng Aking mga salita? Lahat ay isinasakatuparan nang wala Akong ginagawang anuman. Nauunawaan mo ba ang tunay na kahulugan ng Aking mga salita?

Hindi Ko kailanman ililigtas ang sinuman sa mga yaon na nagsisilbi sa Akin; wala silang bahagi sa Aking kaharian. Ito ay dahil sa abala lamang ang mga taong ito sa mga bagay na walang kinalaman sa kanila, sa halip na gawin ang Aking kalooban. Bagama’t ginagamit Ko sila ngayon, ang totoo ay sila ang mga taong kinasusuklaman Ko sa lahat; ang mga taong kinamumuhian Ko sa lahat. Ngayon, minamahal Ko ang sinumang maaaring gumawa ng Aking kalooban, ang sinumang maaaring magpakita ng pagsasaalang-alang sa Aking mga pasanin, at ang sinumang maaaring magbigay ng kanilang lahat-lahat para sa Akin nang taos-puso at tapat, at patuloy Ko silang liliwanagan, at hindi Ko sila hahayaang makalayo sa Akin. Malimit Kong sabihing, “Sa mga taong taos-pusong gumugugol para sa Akin, ikaw ay tiyak na labis Kong pagpapalain.” Ano ang tinutukoy ng “pagpapalain”? Alam mo ba? Sa konteksto ng kasalukuyang gawain ng Banal na Espiritu, tumutukoy ito sa mga pasaning ibinibigay Ko sa iyo. Para sa lahat ng nagagawang bumalik ng pasanin para sa iglesia, at taos na inaalay ang kanilang sarili sa Akin, ang kanilang mga pasanin at kanilang kasigasigan ay kapwa mga pagpapalang nagmumula sa Akin. Dagdag pa rito, ang Aking mga paghahayag sa kanila ay isa ring pagpapala mula sa Akin. Ito ay dahil yaong mga walang pasanin ngayon ay hindi Ko paunang itinalaga at hinirang; sumapit na ang Aking mga sumpa sa kanila. Sa madaling salita, yaong mga paunang itinalaga at hinirang Ko ay may bahagi sa mga positibong aspeto ng Aking naipahayag, samantalang yaong mga hindi Ko paunang itinalaga at hinirang ay makakabahagi lamang sa mga negatibong aspeto ng Aking mga pahayag. Habang lalong ipinapahayag ang Aking mga salita, lalong lumilinaw ang kahulugan ng mga iyon; habang lalo Kong ipinapahayag ang mga iyon, lalong nagiging malinaw ang mga iyon. Bawat isa sa mga buktot at mapanlinlang, at hindi Ko paunang itinalaga, ay isinumpa Ko bago pa ang paglikha ng mundo. Bakit

sinasabi na ang taon, ang buwan, ang araw, at maging ang oras, ang minuto, at ang segundo ng inyong pagsilang ay angkop Kong ipinlanong lahat? Matagal Ko nang natukoy kung sinu-sino ang magkakamit ng katayuan ng mga panganay na anak. Sila ay nasa Aking paningin; matagal Ko na silang itinuring na mahalaga, at matagal nang may puwang sa Aking puso. Bawat salitang sinasambit Ko ay may bigat at dinadala ang Aking mga ideya. Ano ang tao? Maliban doon sa ilan na minamahal Ko, na nagtataglay ng katayuan ng mga panganay na anak, ilan ang nagpapakita ng pagsasaalang-alang sa Aking kalooban? Ano ang halaga ng Aking mga anak? Ano ang halaga ng Aking mga tao? Noong araw, ang katagang “Aking mga anak” ay isang tawag sa Aking mga panganay na anak, ngunit akala ng Aking mga anak at Aking mga tao na walang kahihyan ay isa itong marangal na titulo para sa kanila. Huwag niyong gampanan ang papel ng Aking mga panganay na anak nang walang kahihyan. Karapat-dapat ka ba sa titulong ito? Ngayon, ang mga napatunayan lamang ay yaong mga nailagay sa mahahalagang posisyon sa Aking harapan; nakamit ng mga taong ito ang katayuan ng mga panganay na anak. May bahagi na sila sa Aking luklukan, sa Aking korona, sa Aking kaluwhatian, at sa Aking kaharian. Lahat ay maingat Ko nang naisaayos. Lahat ng nakatanggap ngayon ng katayuan ng mga panganay na anak ay sumailalim na lahat sa matinding pasakit, pag-uusig, at kahirapan, kabilang na ang naranasan nila sa kanilang pamilya simula nang isilang sila, sa sarili nilang mga inaasam, trabaho, at pag-aasawa. Hindi nakamit ng mga panganay na anak na ito ang katayuan ng ito nang walang sakripisyo; sa halip, sumailalim na sila sa lahat ng aspeto ng buhay: mabuti at masama, ginhawa at hirap. Lahat ng dating tinitingala ng mga tao sa mundo at nabubuhay nang maginhawa noon sa tahanan, ay walang bahagi sa mga panganay na anak. Hindi sila karapat-dapat na maging mga panganay na anak; naghahatid sila ng kahihyan sa Aking pangalan, at talagang ayaw Ko sa kanila. Ang Aking mga anak at Aking mga tao, na Aking napili, ay may maganda ring reputasyon sa mundo, ngunit napakalayo nila sa Aking mga panganay na anak. Ginagamit Ko ngayon ang ilang tao, ngunit marami sa kanila ang ni hindi nararapat na maging Aking mga tao. Mga pakay lamang sila ng walang-hanggang kapahamakan; ginagamit sila upang gumawa ng serbisyo sa Akin sandali, ngunit hindi upang gamitin nang matagalan. Sa kaibuturan ng puso Ko, naipasiya Ko na kung sinu-sino ang gagamitin nang matagalan. Ibig sabihin, yaong mga inilalagay Ko sa mahahalagang posisyon ang Aking minamahal at matagal Ko na silang sinimulang gamitin. Sa madaling salita, naitalaga na ang kanilang mga tungkulin. Tungkol sa mga taong Aking kinasusuklanan, sa yugtong ito, ginagamit lamang sila nang pansamantala. Kapag dumating ang mga banyaga, doon malinaw na ihahayag sa inyo ang mga panganay na anak.

Ngayon ay hinihingi Kong lumaki kayo nang mabilis at magpakita ng pagsasaalang-alang sa Aking pasanin. Ang pasanin ng ito ay hindi gaanong mabigat, at ipagagawa Ko lamang sa inyo kung ano ang inyong makakaya. Alam Ko ang inyong katayugan; alam Ko kung anong mga tungkulin ang kaya ninyong gampanan. Alam Kong lahat ito, at

nauunawaan Ko ang mga bagay na ito; sana lang, maging handa kayong mga anak Ko na pagkaitan ang inyong sarili at tunay ninyong kayaning mahal in ang minamahal Ko, kamuhian ang kinamumuhian Ko, gawin ang ginagawa Ko, at sabihin ang sinasabi Ko. Huwag kayong pakontrol sa kalawakan, heograpiya, panahon, o sinupamang ibang tao. Nais Ko na ang inyong espiritu ay maging malaya, nasa lahat ng dako, at na bawat isa sa inyo ay makatayo sa posisyon ng Aking mga panganay na anak. Sino ang nag-aalay ng kanilang buong pagkatao sa Akin ngayon? Sino ang tapat na gumugugol para sa Akin? Sino ang gising araw at gabi para sa Aking kapakanan? Sino ang nagpapatakbo ng mga gawain sa Aking sambahayan para sa Akin? Sino ang nagpapagaan ng mga pasanin sa Aking mga balikat para sa Akin? Hindi ba sila ang Aking mga anak? Lahat ng Aking ginagawa ay upang gawing perpekto ang Aking mga anak at ginawa bilang pagsisilbi sa Aking mga anak. Nauunawaan mo ba? Lahat ay para sa Aking mga panganay na anak, at hindi Ako nagkakamali. Huwag mong isipin na mali ang paghatol Ko sa mga tao, at huwag mong isipin na hinahamak kita. Huwag mong ipalagay na hindi Ako gaanong gumagamit ng malaking talento, o na nagkamali Ako sa hindi paunang pagtatalaga sa iyo. Hindi ganoon; ito ay dahil hindi ka karapat-dapat doon! Alam mo ba iyon? Ngayon ay Aking pagtitibayin ang ilang bagay para sa inyo: Sinumang malimit magpasiklab ng Aking galit at malimit maging puntirya ng Aking pagpuna o pakikitungo, ay tiyak na siyang puntirya ng Aking pagkamuhi. Tiyak na mamamatay ang gayong mga tao—nakataga iyan sa bato. Nasabi Ko nang hindi Ko na pakikitunguhan ang Aking mga panganay na anak, dahil sumailalim na ang mga taong ito sa Aking matitinding pagsubok at nakamit na ang Aking pagsang-ayon. Sinuman ang tingnan Ko nang mabalasik ay nanganganib. Hindi ba kayo natatakot? Maraming mamamatay sa sandaling lumabas ang Aking mga salita mula sa Aking bibig. Gayunpaman, mapapanatili pa rin ng ilan ang kanilang laman; kaya lamang ay patay na ang kanilang espiritu. Ang pinakamalinaw na palatandaan nila ay na wala sa kanila ang gawain ng Banal na Espiritu at walang anumang pumipigil sa kanila. (Nagawa na silang tiwali ni Satanas, nang napakalalim.) Tuwing namamatay ang kanilang laman, nangyayari ito matapos ang angkop na pagpapalano Ko at sa oras na natukoy Ko. Ang kanilang espirituwal na kamatayan ay walang malaking silbi para sa Akin; gagamitin Ko ang kanilang laman upang ipamalas ang pagiging kamangha-mangha ng Aking mga gawa. Mula rito, makukumbinsi ang mga tao; magbibigay sila ng walang-katapusang papuri, at walang hindi magpipitagan at matatakot sa Akin. Hindi Ko minamaliit ang anumang detalye; lahat ay kailangang mabuhay o mamatay para sa Akin, at walang makakaalis hangga't hindi nila nagagampanan ang kanilang paggawa ng serbisyo para sa Akin. Kahit si Satanas ay hindi makakaatras sa walang-hanggang hukay hangga't hindi nito nagagampanan ang paggawa ng serbisyo nito para sa Akin. Bawat hakbang Ko ay matatag at sigurado, at matibay; wala Akong ginagawang hakbang na hindi praktikal—kahit katiting.

Sino ang mangangahas na humambing sa Akin? Sino ang mangangahas na sumalungat sa Akin? Pababagsakin kita kaagad! Hindi Ako mag-iiwan ng bakas, at

mawawala ang iyong laman; talagang totoo ito. Kapag sinabi Ko ang mga bagay na ito, agad Kong isinasagawa ang mga ito, at wala itong atrasan. Unti-unting gumuguho ang mundo araw-araw, at nasasawi ang sangkatauhan araw-araw. Sa bawat araw na lumilipas, nagkakahugis ang Aking kaharian at lumalaki ang Aking mga panganay na anak. Sa araw-araw, nadaragdagan ang galit Ko, mas tumitindi ang Aking mga pagkastigo, at ang Aking mga salita ay nagiging mas mabagsik. Hinihintay mo pa ring magsalita Ako sa inyo nang mas marahan, at sumigla ang Aking tono, ngunit mag-isip kayong muli! Ang Aking tono ay depende kung anong mga tao ang pinakikitunguhan Ko. Sa Aking mga minamahal, banayad ang tono Ko at laging nang-aaliw, ngunit sa inyo, kabagsikan at paghatol lamang ang maipapakita Ko, na dinaragdagan Ko pa ng pagkastigo at galit. Nang hindi namamalayan ng sinuman, ang sitwasyon sa bawat bansa ng mundo ay lalong nakakanerbiyos, gumuguho at nagkakagulo araw-araw. Inaasam ng lahat ng pinuno ng bawat bansa na magkamit ng kapangyarihan sa huli. Hindi talaga nila naisip na sumapit na sa kanila ang Aking pagkastigo. Hangad nilang agawin ang Aking kapangyarihan—ngunit nangangarap lamang sila! Kahit ang pinuno ng United Nations ay kailangang humingi ng tawad sa Akin. Marami siyang nagawang masama. Ngayon ang panahon para sa pagkastigo, at hindi Ko siya palalampasin nang basta-basta. Kailangang hubarin ng lahat ng nasa kapangyarihan ang kanilang korona; Ako lamang ang karapat-dapat na mamuno sa lahat ng bagay. Lahat ay nakadepende sa Akin—lahat ng iyon, pati na ang ilang banyaga. Agad Kong pababagsakin ang sinumang nanunuri sa Akin, dahil umabot na sa ganito ang Aking gawain. Araw-araw ay may isang bagong pahayag, araw-araw ay may bagong liwanag. Lahat ay lalong nagiging ganap. Palapit nang palapit at mas malinaw na ang huling araw ni Satanas.

Kabanata 83

Hindi ninyo alam na Ako ang Diyos na makapangyarihan sa lahat, at hindi rin ninyo alam na ang lahat ng pangyayari at mga bagay ay nasa ilalim ng Aking pagkontrol! Ano ang ibig sabihin ng ang lahat ng bagay ay itinatag at kinumpleto Ko? Ang mga pagpapala o kasawiampalad ng bawat tao ay nakasalalay sa Aking pagtupad at sa Aking mga pagkilos. Ano ang magagawa ng tao? Ano ang matutupad ng tao sa pamamagitan ng pag-iisip? Sa huling yugtong ito, sa imoral na kapanahunang ito, sa madilim na mundong ito na ginawang tiwali ni Satanas sa ilang antas, ano ang iilang maaaring sang-ayon sa Aking kagustuhan? Kung ito man ay ngayon, kahapon, o sa hindi malayong hinaharap, Ako ang tumutukoy ng mga buhay ng bawat isa. Kung sila man ay tatanggap ng mga pagpapala o magdurusa ng kasawiampalad, at kung sila man ay minamahal o kinasusuklanan Ko, ang lahat ay Aking tiyak na tinukoy sa isang kumpas Ko. Sino sa inyo ang nangangahas na igiit na ikaw mismo ang tumukoy sa iyong mga hakbang at ang iyong kapalaran ay nasa iyong pagkontrol? Sino ang nangangahas na sabihin ito?

Sino ang nangangahas na maging labis na mapanghamon? Sino ang hindi natatakot sa Akin? Sino ang, sa kaloob-looban, ay suwail sa Akin? Sino ang nangangahas kumilos ayon sa gusto nila? Kakastiguhin Ko sila sa sandaling iyon, at tiyak na hindi na mahahabag sa sangkatauhan o magbibigay pa ng anumang karagdagang kaligtasan. Ang sandaling ito—ibig sabihin, ang sandaling iyon na tinanggap ninyo ang Aking pangalan—ay ang huling sandali na magiging maluwag Ako sa sangkatauhan. Ang ibig sabihin niyan, nakapili na Ako ng isang bahagi ng sangkatauhan, na, kahit hindi pangwalang-hanggan ang kanilang mga pagpapala, ay nakatamasa na ng malaking bahagi ng Aking biyaya; samakatuwid, kahit hindi naitalaga na pagpapalain ka nang walang-hanggan, hindi nangangahulugang ikaw ay tatratin nang hindi tama, at malayong mas mabuti ka pa kaysa roon sa mga magdurusa ng tuwirang kasawiampalad.

Tunay nga na ang Aking paghatol ay umabot na sa kasukdulan, at pumapasok sa teritoryong hindi pa napapasok kahit kailan. Nasa bawat tao ang Aking paghatol, at ngayon ito ay isang paghatol na puno ng poot. Noon, ito ay isang maringal na paghatol, ngunit ibang-iba na ito ngayon. Sa nakalipas, hindi nakaramdam ang sangkatauhan ng kahit katiting na takot hanggang makaranas sila ng paggawad ng Aking paghatol; samantalang ngayon, sa sandaling makarinig sila ng kahit isang salita, natatakot sila nang lubusan. May iba pa ngang natatakot sa pagbubukas lamang ng Aking bibig. Kung ang Aking tinig ay lalabas, kapag nagsimula Akong magsalita, labis ang kanilang takot na hindi nila malaman ang kanilang gagawin, marubdob na nagnanasa sa sandaling iyon na ipasok ang kanilang sarili sa isang butas sa lupa o manatiling nakatago sa pinakamadilim na sulok. Ang ganitong uri ng tao ay hindi maililigtas dahil nasasaniban sila ng masasamang espiritu. Kapag hinatulan Ko ang malaking pulang dragon at ang matandang ahas, tumatahimik sila at natatakot pa ngang makita ng iba; tunay na sila ay mga inapo ni Satanas na isinilang sa kadiliman.

Malimit ko dating ginagamit ang mga salitang “pagtatalaga at pagpili.” Ano ba talaga ang ibig sabihin ng mga ito? Paano ba Ako nagtatalaga at pumipili? Bakit ba hindi ibinibilang ang isang tao sa mga itinalaga at pinili? Paano mo mauunawaan ito? Ang lahat ng ito ay nangangailangan ng ilang malinaw na paliwanag mula sa Akin, at nangangailangan ang mga ito na kausapin Ko kayo nang tuwiran. Kung ibinunyag Ko ang mga ito sa inyong mga saloobin, paniniwalaan ng mga mapupuro ang kamalian na ito ay isang kaisipang galing kay Satanas! Pagmumukhain Akong masama nang hindi nararapat! Magsasalita Ako nang matalas ngayon, at hindi na magpipigil ng anuman: Nang nilikha Ko ang lahat ng bagay, nilikha Ko muna ang mga bagay na magsisilbi sa sangkatauhan (mga bulaklak, damo, mga puno, kahoy, mga bundok, mga ilog, mga lawa, ang lupain at ang karagatan, lahat ng uri ng mga insekto, ang mga ibon, at ang mga hayop; ang iba ay para makain ng sangkatauhan, at ang iba ay para tingnan ng sangkatauhan). Iba’t ibang uri ng mga butil ang nilikha para sa sangkatauhan, ayon sa mga pagkakaiba ng iba’t ibang lugar; sinimulan Ko lamang likhain ang sangkatauhan pagkatapos likhain ang lahat ng ito. Mayroong dalawang uri ng mga tao: Ang una ay ang

Aking pinili at itinalaga; ang pangalawa ay may mga katangian ni Satanas, at ang uring ito ay nilikha bago Ko nilikha ang mundo, ngunit dahil sila ay ganap na ginawang tiwali ni Satanas, tinalikdan Ko sila. Pagkatapos ay lumikha Ako ng isang uring pinili at itinalaga Ko, na ang bawat isa ay nagtataglay ng Aking mga katangian sa iba't ibang antas; samakatuwid, ang bawat isa sa mga pinili Ko ngayon ay nagtataglay ng Aking mga katangian sa iba't ibang antas. Bagama't nagawang tiwali na sila ni Satanas, sila ay pag-aari Ko pa rin; bawat hakbang ay bahagi ng Aking plano ng pamamahala. Ang matatapat ay namumuno sa kaharian dahil binalak Ko na ito nang maaga. Sila na baluktot at mapanlinlang ay hindi magiging tapat kailanman, dahil mga binhi sila ni Satanas at nasasaniban ni Satanas; sila ay mga lingkod nito at nasa ilalim ng pag-uutos nito mula umpisa hanggang huli. Gayunpaman, ang layunin ng lahat ng ito ay para tuparin ang Aking kalooban. Nilinaw Ko na ito upang hindi na kayo manghula. Sila na ginagawa Kong perpekto, Aking iingatan at pangangalagaan; para sa mga kinamumuhian Ko, pagkatapos ng kanilang paglilingkod, lalabas sila sa Aking lugar. Kapag binabanggit ang mga taong ito, Ako ay napopoot; sa mismong pagbanggit sa kanila, gustung-gusto Ko na silang harapin kaagad. Gayunpaman, nagpipigil Ako sa Aking mga pagkilos; Ako ay sukat sa Aking mga pagkilos at pananalita. Maaari Kong pahirapan ang mundo sa isang bugso ng galit, ngunit sila na Aking itinalaga ay ang eksepsyon; matapos kumalma, maaari Kong hawakan ang mundo sa palad ng Aking kamay. Sa madaling salita, kinokontrol Ko ang lahat ng bagay. Kapag nakikita Ko na nagawang tiwali nang gayong kalawak ang mundo na hindi na ito matiis ng mga tao, kaagad Ko itong wawasakin. Hindi ba't madali ko itong magagawa sa isang salita Ko lamang?

Ako mismo ang praktikal na Diyos; hindi Ako gumagawa ng higit-sa-natural na mga tanda o kababalaghan—ngunit bawat dako ay puno ng Aking kagila-gilalas na mga gawain. Ang daan sa hinaharap ay walang katulad na magiging mas maningning. Ang Aking pagbubunyag ng bawat hakbang ay ang daan na itinuturo Ko sa inyo, at ito ang Aking plano ng pamamahala. Ibig sabihin niyan, sa hinaharap, ang mga pahayag na ito ay magiging mas marami pa at patuloy na magiging mas maliwanag. Kahit sa Milenyong Kaharian—sa hindi-kalayuag hinaharap—dapat kayong sumulong ayon sa Aking mga pahayag at pagsunod sa Aking mga hakbang. Lahat ay nabuo na at lahat ay naihanda na; may walang-hanggang mga pagpapala ang naghihintay sa inyo na kabilang sa mga pinagpala, habang ang pinarurusahan ay may walang-hanggang pagkastigo na naghihintay sa kanila. Ang Aking mga hiwaga ay napakarami para sa inyo, ang napakapayak na mga salita para sa Akin ay ang pinakamahirap para sa inyo. Samakatuwid, nagsasalita Ako nang nagsasalita, dahil napakakaunti ng inyong nauunawaan at kailangan ninyo Akong magpaliwanag ng bawat isang salita. Ngunit huwag masyadong mabahala; magsasalita Ako sa inyo ayon sa Aking gawain.

Kabanata 84

Dahil sa kanilang kakulangan ng kaalaman tungkol sa Akin, nagambala ng mga tao ang Aking pamamahala at pinahina ang Aking mga plano nang maraming beses, ngunit hindi nila kailanman nakayang hadlangan ang Aking mga pasulong na hakbang. Ito ay dahil sa Ako ang Diyos ng karunungan. Sa Akin, may walang-hangganang karunungan; at sa Akin, may walang-hangganang at di-maarok na mga hiwaga. Sa napakatagal-nang-panahon, hindi pa ito kailanman nakayang arukin at ganap na maunawaan ng mga tao. Hindi ba ganoon? Hindi lamang may karunungan sa bawat salitang binibigkas Ko, mayroon din Akong natatagong hiwaga sa bawat salita. Sa Akin, ang lahat ay hiwaga; at bawat bahagi Ko ay hiwaga. Nakakita lamang kayo ng hiwaga ngayon, na yaong nakita ninyo ay ang Aking persona—ngunit hindi pa ninyo natutuklasan ang natatagong hiwagang ito. Makakapasok lamang ang mga tao sa Aking kaharian sa pamamagitan ng pagsunod sa Aking pangunguna; kung hindi, mapapahamak sila kasama ng mundo at magiging abo. Ako ang ganap na Diyos Mismo; Ako ay walang-iba kundi ang Diyos Mismo. Ang mga kasabihan ng nakaraan gaya ng “pagpapamalas ng Diyos” ay lipas na; ang mga iyon ay mga naluma nang bagay na hindi na akma sa kasalukuyan. Ilan ba sa inyo ang nakauunawa nito? Ilan ba sa inyo ang nakatitiyak na sa Akin sa ganitong hangganan? Ang lahat ay dapat Kong maipaliwanag at maituro nang malinaw.

Ang kaharian ni Satanas ay nawasak na at sa lalong madaling panahon ay matatapos ng mga tao nito ang kanilang paggawa ng serbisyo sa Akin. Isa-isa silang palalaysin mula sa Aking sambahayan, na ang ibig sabihin ay nabunyag nang lahat ngayon ang tunay na kulay ng mga nagpapanggap sa sari-saring mga papel, at silang lahat ay ihihiwalay mula sa Aking kaharian. Huwag ninyong kalimutan! Mula ngayong araw, yaong Aking mga tinalikdan, kasama yaong mga tinalikdan Ko sa nakaraan, ay yaong mga umaarte lamang, at mga huwad lamang; nagpapalabas lamang sila para sa Akin, at sa sandaling tapos na itong palabas, dapat na nilang iwanan ang entablado. Yaong mga tunay Kong anak ay opisyal na mapaparoon sa Aking kaharian upang tanggapin ang Aking pag-ibig at tamasahin ang mga pagpapala na Akin nang naihanda para sa inyo. Pinagpala ang mga panganay na anak! Dahil sinanay Ko kayo nang maaga, kayo ay angkop na para magamit Ko ngayon. Maniwala na Ako ang Diyos na makapangyarihan sa lahat. Ang mga bagay na hindi magagawa ng mga tao, magagawa Ko nang walang hadlang, at talagang walang puwang para labanan. Huwag ipagpalagay na wala kayong anumang magagawa at hindi kayo angkop na maging Aking mga panganay na anak. Kayo ay ganap na karapat-dapat! Ito ay dahil nakasalalay sa Akin ang lahat ng bagay upang magawa; umaasa silang lahat sa Akin upang maisakatuparan. Bakit ninyo nararamdaman ngayon na may gayon kayong tayog? Ito ay dahil lamang sa hindi pa dumarating ang sandali para kayo ay tunay Kong magamit. Ang dakilang mga talento ay hindi maaaring gamitin sa mga pangkaraniwang layunin; nauunawaan ba ninyo? Kayo ba ay limitado lamang sa isang maliit na Tsina mula sa buong mundo ng

sansinukob? Ibig sabihin niyan, lahat ng tao sa buong mundo ng sansinukob ay ibibigay sa inyo para pastulin at pamunuan, sapagkat kayo ang mga panganay na anak, at ang pamumuno sa inyong mga kapatid ay ang tungkuling dapat ninyong tuparin. Alamin ito! Ako ang Diyos na makapangyarihan sa lahat! Minsan Ko pang idinidiin na hinahayaan Ko kayong magpakasaya. Ako ang Siyang gumagawa—ang Banal na Espiritu ay gumagawa sa lahat ng dako at personal na namumuno.

Noong nakaraan, walang pag-unawa ang mga tao sa Aking pagliligtas. Nauunawaan n'yo na ba ngayon? May ilang aspeto ang aking pagliligtas: Isa sa mga ito ay walang predestinasyon para sa ilang mga tao kahit kailan, na nangangahulugang hindi sila maaaring magtamasa ng Aking biyaya kahit kailan; ang isa pa ay mayroong mga itinakda na sa simula, na nagtatamasa ng Aking biyaya sa isang yugto ng panahon, ngunit pagkatapos ng ilang panahon, na siyang Akin nang naitakda, aalisin Ko sila at pagkatapos ay ganap nang magwawakas ang kanilang mga buhay. Gayunman isa pang aspeto ay na mayroon Akong mga paunang itinalaga at hinirang, at siyang nagtatamasa ng walang-hanggang mga pagpapala; tinatamasa nila ang Aking biyaya mula sa simula hanggang sa katapusan, kabilang ang mga paghihirap na kanilang pinagdusahan bago at pagkatapos nila Akong tanggapin, gayundin ang kaliwanagan at pagtanglaw na kanilang tinatanggap matapos Akong tanggapin. Mula ngayon, magsisimula silang magtamasa ng mga pagpapala—iyan ay, sila ang mga inililigtas Ko nang lubusan. Ito ang pinakakitang-kitang pagpapahayag ng kaganapan ng Aking dakilang gawain. Ano, kung gayon, ang tinutukoy ng mga pagpapala? Matanong Ko kayo: Ano ang pinakagusto ninyong gawin? Ano ang pinakaayaw ninyo? Ano ang pinakaaasam ninyong makuha? Dumaan na kayo sa mga pasakit at paghihirap sa nakaraan, ang lahat ay alang-alang sa pagkakamit sa Akin at para lumago ang inyong mga buhay; ang mga iyon ay bahagi ng biyaya. Ang “Pagpapala” ay nangangahulugang sa hinaharap, mawawala na sa inyo ang mga bagay na inyong kinasusuklaman, na ang ibig sabihin ay mawawala na ang mga bagay na ito sa inyong mga tunay na buhay; at ang mga iyon ay ganap na aalisin sa harap ng inyong mga mata. Ang pamilya, trabaho, asawa, mga anak, mga kaibigan at mga kamag-anak, at maging ang tatlong-beses na pagkain sa isang araw na inyong kinasusuklaman araw-araw, ay mawawala. (Ibig sabihin nito ay hindi nalilimitahan ng panahon at lumalakad palabas sa laman nang lubusan. Tanging ang iyong kontentong espiritu ang makapagpapanatili sa iyong katawan, ngunit ito ay tumutukoy sa iyong katawan at hindi sa laman. Ikaw ay magiging ganap na malaya at nangingibabaw. Ito ang pinakadakila at pinakalantad na himalang naipakita na ng Diyos simula sa paglikha ng mundo.) Lahat ng maliliit na butil ng lupa sa inyong katawan ay maaalis, at kayo ay magiging ganap na katawang espirituwal na banal at walang-bahid, kayang maglakbay sa buong sansinukob at hanggang sa mga dulo ng mundo. Mula roon, maaalis na rin ang lahat ng inyong nakayayamot na paghuhugas at pagkukuskos, at inyo na lamang pasasayahin ang mga sarili nang lubus-lubusan. Mula sa sandaling iyon, hindi na kayo mag-iisip ng tungkol sa pag-aasawa (dahil winawakasan Ko ang isang kapanahunan,

hindi nililikha ang mundo), at hindi na magkakaroon ng mga sakit sa panganganak na labis na nagpapahirap sa mga babae. Ni hindi na rin kayo magtatrabaho o magpapagal sa hinaharap. Lubusan kayong mabababad sa Aking yakap ng pagmamahal, at tinatamasa ang mga ipinagkaloob Ko sa inyong pagpapala. Ito ay walang-pasubali. Habang nagtatamasa kayo sa mga pagpapalang ito, patuloy kayong susundan ng biyaya. Lahat ng Aking inihanda para sa inyo—iyan ay, ang bihira at napakahalagang mga kayamanan mula sa buong mundo—ay ibibigay lahat sa inyo. Ngayon, hindi ninyo aakalain ni maiisip ang lahat ng ito, at wala pang sino man ang nakapagtamasa noon. Kapag dumating sa inyo ang mga pagpapalang ito, kayo ay liligaya nang walang-katapusan, ngunit huwag kalilimutang ang lahat ng ito ay dahil sa Aking kapangyarihan, Aking mga pagkilos, Aking katuwiran at lalong higit pa, Aking pagiging maharlika. (Magiging maawain Ako sa mga pinipili Kong pagpapakitaan Ko ng awa, at magiging mahabagin Ako sa mga yaon na pinipili Kong pagpapakitaan Ko ng habag.) Sa panahong iyon, wala kayong magiging mga magulang, at hindi na magkakaroon ng mga kadugong ugnayan. Kayong lahat ay mga taong Aking minamahal, minamahal Kong mga anak. Mula sa panahong iyon, walang mangangahas na apihin kayo. Ito'y magiging panahon para lumago kayo tungo sa hustong-gulang, at panahon para inyong pamunuan ang mga bansa gamit ang tungkod na bakal! Sinong nangangahas na hadlangan ang minamahal Kong mga anak? Sinong nangangahas na lusubin sila? Igagalang ng lahat ang minamahal Kong mga anak, dahil ang Ama ay nagtamo ng kaluwalhatian. Lahat ng bagay na kailanman ay walang sinumang makakaguni-guni ay lilitaw sa harap ng inyong mga mata. Ang mga iyon ay walang katapusan, hindi-nauubos, walang hanggan. Hindi magtatagal, tiyak na hindi nyo na kailangang masunog ng araw at tiisin ang nagpapahirap na init, ni hindi na rin kayo magdurusa sa lamig o maramdaman ang dampi ng ulan, niyebe o hangin. Ito ay dahil mahal Ko kayo, at magiging ang kabuuan ng mundo ng Aking pag-ibig. Ibibigay Ko sa inyo ang lahat ng gusto ninyo, at ihahanda Ko para sa inyo ang lahat ng kailangan ninyo. Sinong nangangahas na magsabing Ako ay hindi matuwid? Papatayin kita agad, dahil sinabi Ko na dati na ang Aking poot (laban sa masasama) ay tatagal tungo sa kawalang-hanggan, at hindi Ako lulubay kahit katiting. Gayunpaman, ang Aking pag-ibig (para sa Aking minamahal na mga anak) ay tatagal din nang walang-hanggan; hindi Ko ito pipigilan kahit kaunti.

Ngayon, yaong mga nakakarinig sa Aking mga salita bilang paghatol ay yaong mga wala sa tamang kalagayan. Gayunpaman, sa sandaling matuklasan nila iyon, natalikuran na sila ng Banal na Espiritu. Ang mga panganay na anak ay pinipili sa inyo mula sa buong mundo ng sansinukob, samantalang maliit lamang na bahagi ninyo ang binubuo ng mga anak at mga tao. Ang pagdidiin Ko ay nasa buong mundo ng sansinukob, na nangangahulugang ang mga anak at mga tao ay pinipili mula sa lahat ng bansa ng mundo. Nauunawaan ba ninyo? Bakit palagi Kong idinidiin na ang mga panganay na anak ay dapat na lumagong mabilis at pamunuan yaong mga banyaga? Nauunawaan ba ninyo ang tunay na kahulugan ng Aking mga salita? Ito ay dahil ang Tsina ay isang

bansang Aking isinumpa, inusig Ako nito nang higit sa lahat, at kinasusuklaman Ko ito nang higit sa lahat. Dapat ninyong malaman na ang Aking mga panganay na anak at Ako ay nagmumula sa langit at siyang mga tao na pangsansinukob. Hindi kami kabilang sa alinmang bansa. Huwag manangan sa mga pantaong kuru-kuro! Ito ay dahil naipakita Ko na ang Aking persona sa inyo. Ang lahat ay nakasalalay sa Akin. Matatandaan mo ba ang Aking mga salita? Bakit Ko sinasabi na paunti nang paunti ang mga tao sa inyo at ang populasyon ay nagiging mas pino? Ito ay dahil unti-unting bumabaling ang Aking pagliligtas tungo sa mundo ng sansinukob. Yaong mga inaalis, na tumanggap na ng Aking pangalan ay yaong mga gumawa ng serbisyo para lang sa pagpeperpekto ng mga panganay na anak. Nauunawaan mo ba? Bakit Ko sinasabing lahat sila ay yaong mga nagseserbisyo para sa Aking mga panganay na anak? Talagang naunawaan mo na ngayon, hindi ba? Tunay na kakaunti ang bilang; tiyak na may iilan. Gayunpaman ang mga taong iyon ay nakinabang nang malaki dahil sa Aking mga anak at nagtamasa nang malaki sa Aking biyaya, at iyan ang dahilan kung bakit sinabi Ko na inililigtas Ko ang lahi ng tao sa kahuli-hulihang pagkakataon. Ngayon ay alam na ninyo ang tunay na kahulugan sa Aking mga salita! Kakastiguhin Ko nang matindi ang sinumang lumalaban sa Akin, at ibabaling Ko ang Aking mukha tungo sa sinumang nagtatanggol sa Akin. Ito ay dahil nananatili Akong, mula sa simula hanggang sa katapusan, maharlika at matuwid na Diyos, at ang lahat ay ibubunyag sa inyo. Gumagawa Ako nang mabilis sa kamangha-manghang mga paraan, at hindi magtatagal, mga kamangha-manghang bagay na hindi abot ng guni-guni ng mga tao ang magaganap. Ibig Ko talagang sabihin ay kaagad at sa lalong madaling panahon, nauunawaan mo ba? Sikaping pumasok sa buhay nang walang pagkaantala! Minamahal Kong mga anak, ang lahat ng bagay ay narito para sa inyo, at lahat ng bagay ay umiiral para sa inyo.

Kabanata 85

Gumagamit Ako ng iba't ibang tao upang makamit ang Aking kalooban: Natutupad ang Aking mga sumpa sa mga kinakastigo Ko, at natutupad naman ang Aking mga pagpapala sa mga minamahal Ko. Ang tanong ngayon kung sino sa inyo ang makatatanggap ng Aking mga pagpapala at sinong magdurusa ng Aking mga sumpa ay ganap na nakasalalay sa isang salita Ko; ang lahat ng ito'y natutukoy ng Aking mga binibigkas. Alam mong kung kaninuman Ako mabuti ngayon ay tiyak siyang mapagkakalooban ng Aking mga pagpapala sa lahat ng panahon (ibig sabihin, yaong mga unti-unting kumikilala sa Akin, at lalong mas nagiging sigurado sa Akin, nagkakaroon ng bagong liwanag at paghahayag, at nakakayang sumabay sa bilis ng Aking gawain). Sinumang kinamumuhian Ko (ito ay isang bagay na nasa Aking loob na hindi nakikita ng mga tao mula sa labas) ay mga taong tiyak na magdurusa ng Aking mga sumpa, at walang dudang kasama sila sa mga supling ng malaking pulang dragon,

kaya magiging bahagi sila sa pagsumpa ko dito; Yaon namang mga hindi Ko kayang tiisin, yaong sa tingin Ko ay kulang ang katangian at hindi Ko magagawang perpekto o magagamit, magkakaroon pa rin sila ng pagkakataong maligtas, at mabibilang sila sa Aking mga anak na lalaki. Kung sinumang hindi nagtataglay ng anuman sa Aking katangian, hindi nakakaunawa ng mga espirituwal na usapin at hindi Ako nakikilala, ngunit may masigasig na pag-iisip, maitatalaga ang taong iyon kung gayon bilang isa sa Aking mga tao. Yaong mga nakikibahagi sa Aking mga sumpa ay itinuturing Kong hindi abot ng kaligtasan at sila yaong mga nasaniban ng masasamang espiritu. Nasasabik Akong patalsikin sila. Isinilang sila ng malaking pulang dragon at sila ang pinakakinasusuklanan Ko. Mula sa puntong ito, hindi Ko sila kailangang magbigay ng serbisyo sa Akin. Sadyang ayaw Ko na sa kanila! Ayaw Ko kahit na sinuman sa kanila! Maging ang kanilang pag-iyak at pagngangalit ng ngipin sa harapan Ko ay walang epekto sa Akin; hindi Ako tumitingin sa kahit kanino sa kanila. Sinisipa Ko lang sila papalayo. Anong uring mga bagay ka? Nararapat ka bang nasa Aking harapan? Karapat-dapat ka ba? Nagpapanggap pa rin kayo na mabubuting tao at nagkukunwaring mapagpakumbaba! Matapos mong gawin yaong mga hindi mabilang na masasamang bagay, maaari ba kitang hayaan na lang? Tatayo ka agad sa harap ko pagkatapos, bago mo pa mang simulang salungatin Akong muli. Kailanman ay wala kang anumang naging mabuting layunin; nais mo lang Akong linlangin! Makagagawa ka ba talaga ng kabutihan kung inapo ka ng malaking pulang dragon? Imposible! Naisumpa na kita at hinahatulan kita nang lubusan! Magbigay ka ng serbisyo sa Akin nang buong puso, nang tapat at sa disiplinadong paraan, at pagkatapos ay bumalik ka sa iyong hukay ng walang-hanggang kalaliman! Gusto mo ng bahagi sa Aking kaharian? Nananaginip ka! Walang kahihiyan! Ikaw, kasama ng madungis at marumi mong katawan, ay nagawa nang tiwali na sa isang partikular na antas, ngunit mayroon ka pa ring lakas ng loob na tumayo sa Aking harapan! Tumabi ka! Kung patuloy kang mambabalam, parurusahan kita nang labis! Lahat ng nakikibahagi sa kabuktutan at panlilinlang sa Aking harapan ay dapat mailantad. Saan ka makakapagtago? Saan mo maikukubli ang iyong sarili? Anumang pag-iwas o pagtago ang gawin mo, matatakanan mo ba ang Aking kontrol? Kung hindi ka maayos na magbibigay ng serbisyo sa Akin, magiging mas maikli kung gayon ang buhay mo; matatapos ka kaagad!

Sinasabi Ko sa inyo nang buong linaw kung anong uri ng mga tao ang Aking mga panganay na anak, at binibigyan Ko kayo ng tumpak na katibayan. Kung hindi Ko ito gagawin, hindi ninyo magagawang makuha ang inyong mga wastong kalalagyan, at sa halip ay magpapasya nang walang itinatangi para sa mga sarili sa kung ano ang dapat ninyong maging kalagyan. Magiging labis na mapagpakumbaba ang ilan, at ang ilan ay magiging labis na di-mapigilan, at yaong mga hindi nagtataglay ng Aking katangian, o yaong labis na kulang ang katangian, ay nanaising maging Aking mga panganay na anak. Anong mga pagpapahayag ang nagagawa ng Aking mga panganay na anak? Una sa lahat, nakatuon ang pansin nila sa pag-unawa sa Aking kalooban at nagpapakita ng

pagsasaalang-alang. Dagdag pa dito, nasa kanilang lahat ang Banal na Espiritung kumikilos sa kanila. Ikalawa, matiyaga silang naghahanap sa kanilang mga espiritu, umiiwas sa kahalayan, at laging nananatili sa loob ng Aking mga hangganan; lubos silang normal. Dagdag pa dito, sa ganitong paraan ng pagkilos, hindi sila nanggagaya (Sapagkat nakatuon sila sa pagdama sa gawain ng Banal na Espiritu at may pagsasaalang-alang sa Aking pagmamahal sa kanila, maingat sa lahat ng oras, at may malalim na takot sa pagkahulog sa kaisipan ng pagkakanulo o pagsalungat sa Akin). Ikatlo, kumikilos sila nang buong puso para sa Akin, at kaya nilang ialay ang buo nilang pagkatao, at binuwag na nila ang anumang ideya tungkol sa kanilang mga inaasam sa hinaharap, ang kanilang buhay, kung anong kakainin nila, isusuot at gagamitin, at kung saan sila titira. Ikaapat, patuloy silang nagugutom at nauuhaw para sa katuwiran, at naniniwala silang labis ang kanilang kakulangan at sadyang musmos ang kanilang tayog. Ikalima, gaya ng binanggit Ko noon, mayroon silang mabubuting reputasyon sa mundo, ngunit isinasantabi ng mga tao ng mundo. Mayroon silang moral na integridad sa kanilang mga relasyon sa kabilang kasarian. Ang lahat ng ito ay mga katibayan, ngunit hindi Ko ngayon maihahayag nang lubusan sa inyo ang mga ito, sapagkat hindi pa naaabot ng Aking gawain ang yugtong iyan. Mga panganay na anak, tandaan! Ang mga pakiramdam ng buhay sa loob mo, ang iyong paggalang sa Akin, ang pagmamahal mo sa Akin, ang pagkakilala mo sa Akin, ang paghahanap mo sa Akin, ang inyong pananampalataya—lahat ng bagay na ito ay sumasaklaw sa pagmamahal Ko sa inyo; at lahat ng ito ay katibayang ibinibigay Ko sa inyo, upang tunay kayong maging minamahal Kong mga anak at magiging katulad Ko, kumakain, namumuhay, at tinatamasa ang mga pagpapala nang kasama Ako sa hindi mapantayang kaluwalhatian.

Hindi Ako maaaring magpakita ng kaluwagan sa sinumang umusig sa Akin, yaong mga walang kaalaman tungkol sa Akin (kabilang ang bago nasaksihan ang Aking pangalan), na naniwalang Ako ay tao, o yaong mga lumapastangan sa Akin at naninirang-puri sa Akin sa nakaraan. Kahit pa magbigay sila ng pinakamatunog na patotoo para sa Akin ngayon, hindi pa rin ito sapat. Ang pag-usig sa Akin sa nakaraan ay isang paraan ng pagbibigay serbisyo sa Akin, at yaong mga taong magpapatotoo sa Akin ngayon, magiging kasangkapan Ko pa rin sila. Tanging yaong mga ginawa Kong tunay na perpekto ngayon ang may gamit para sa Akin, sapagkat Ako ang matuwid na Diyos Mismo, at lumabas Ako mula sa katawang-tao at inihiwalay Ko ang Aking sarili mula sa lahat ng relasyon na maka-lupa. Ako ang Diyos Mismo at lahat ng tao, larangan, at mga bagay na nasa paligid Ko dati ay nasa Aking mga kamay. Wala Akong emosyon at isinasagawa Ko ang katuwiran sa lahat ng bagay. Matuwid Ako, at walang bahid ng kahit katiting na dumi. Nauunawaan ba ninyo ang kahulugan ng mga salita Ko? Makakamit ninyo rin ba ito? Iniisip ng mga tao na mayroon rin Akong normal na pagkatao, may pamilya at mga emosyon—ngunit alam ba ninyong ganap kayong nagkakamali? Ako ay Diyos! Nakalimutan ninyo na ba ito? Nalilito ba kayo? Hindi pa rin ninyo Ako kilala!

Ang Aking katuwiran ay ganap nang naihayag sa inyo. Sa anumang paraan ng

pakikitungo Ko sa anumang uri ng tao ay nagbubunyag ng Aking katuwiran at ng Aking kamahalan. Dahil Ako ang Diyos Mismo na nagdadala ng poot kasama Niya, hindi Ko palalampasin ang kahit na isang umusig o luminlang sa Akin. Malinaw ba ninyong nakikita ito, sa ilalim ng ganito kahigpit na kinakailangan? Yaong mga pinili Ko at itinalaga ay parang mga bihirang perlas o mga piraso ng agata; kakaunti sila at malayo ang agwat sa isa't isa. Ito ay dahil tiyak na may mas kaunting taong mamamahala bilang mga hari kaysa yaong magiging mga tao Ko, at inihahayag nito ang Aking kapangyarihan at ang Aking mga nakamamanghang gawa. Madalas Kong sabihing gagantimpalaan Ko kayo, pagkakalooban kayo ng mga korona at sa Akin ay may kaluwalhatianang walang hanggan. Ano ang ibig Kong sabihin sa gantimpala, korona at kaluwalhatian? Sa kuru-kuro ng mga tao, ang mga gantimpala ay mga materyal na bagay, tulad ng pagkain, mga damit o iba pang bagay na maaaring gamitin, ngunit ito ay ganap nang napaglumaan na paraan ng pag-iisip; hindi ito ang ibig Kong sabihin sa mga katagang iyon, sa halip ito ay ay isang maling pagkaunawa. Ang mga gantimpala ay mga bagay na nakukuha sa kasalukuyan at bahagi ang mga ito ng biyaya. Gayunpaman, may ilan ring gantimpala na nauugnay sa mga kasiyahan ng laman, at yaong mga nagbibigay serbisyo sa Akin ngunit yaong hindi Ko ililigtas ay maaari ring magkamit ng ilang materyal na kasiyahan (bagama't mga materyal pa rin na bagay ang mga ito na nagbibigay ng serbisyo para sa Akin). Ang korona ay hindi isang sagisag ng katungkulan; ibig sabihin, hindi ito isang materyal na bagay na ibinibigay Ko sa inyo para sa inyong kasiyahan, kundi isa itong bagong pangalan na ipinagkakaloob Ko sa inyo, at sinumang kayang isabuhay ang iyong bagong pangalan ay isang taong nagkamit ng korona, na nagkakamit ng Aking mga pagpapala. Ang mga gantimpala at korona ay bahagi ng mga pagpapala, ngunit kung ihahambing sa mga pagpapala, tulad ng langit at lupa ang pagkakaiba nito. Ang kaluwalhatian ay hindi madaling ilarawan ng mga kuru-kuro ng mga tao, dahil hindi isang materyal na bagay ang kaluwalhatian. Para sa kanila, isa itong abstraktong konsepto. Kung gayon, ano ba talaga ang kaluwalhatian? Ano ang ibig sabihin ng bababa kayo sa kaluwalhatian na kasama Ko? Ang kabuuan Ko—iyon ay, kung ano Ako at kung ano ang mayroon Ako, awa at mapagmahal na kabaitan (sa Aking mga anak), at katuwiran, kamahalan, paghatol, poot, pagsumpa at pagsunog (sa lahat ng tao)—ang Aking persona ay kaluwalhatian. Bakit Ko sinasabing may walang hanggang kaluwalhatian sa Akin? Ito ay dahil sa Akin, may karununganang walang hanggan at walang katumbas na kasaganahan. Samakatuwid, ang ibig sabihin ng pagbaba sa kaluwalhatian na kasama Ako ay nagawa Ko na kayong ganap, taglay na ninyo kung sino Ako at kung ano ang mayroon Ako, nagawa Ko na kayong ganap, ginagalang ninyo Ako at hindi Ako kinakalaban; Tiyak na ito ay malinaw na sa inyo ngayon!

Ang maigting na sitwasyon ng lahat ng bansa sa lupa ay umabot na sa rurok, at lahat sila ay patuloy na naghahanda upang magbigay ng serbisyo para sa Akin at tanggapin ang hatid Kong pagsunog sa kanila. Kapag dumating ang Aking poot at pagsunog hindi magkakaroon ng mga paunang pahiwatig. Gayunpaman, alam Ko kung ano ang

ginagawa Ko at lubos na malinaw ito sa Akin. Dapat nakatitiyak kayo tungkol sa mga salita Ko at dapat kayong magmadali na ihanda ang lahat. Maghandang pastulin yaong mga darating na naghahanap mula sa ibang bansa. Tandaan ito! Ang Tsina—iyon ay ang bawat isang tao at lugar sa loob ng Tsina—ay dumaranas ng mga sumpa Ko; nauunawaan ba ninyo ang kahulugan ng mga salita Ko?

Kabanata 86

Sinasabi ng mga tao na Ako ay mahabaging Diyos; sinasabi nila na magdadala Ako ng pagliligtas para sa lahat na Aking nilikha. Ang mga bagay na ito ay sinasabing lahat batay sa mga pantaong kuru-kuro. Ang Aking pagiging isang mahabaging Diyos ay sinasabi sa Aking mga panganay na anak, at ang Aking pagdadala ng kaligtasan sa lahat ay sinasabi sa Aking mga panganay na anak at Aking mga tao. Dahil Ako ay marunong na Diyos, malinaw sa Aking isipan kung sino ang mga minamahal Ko at sino ang mga kinamumuhian Ko. Para sa mga minamahal Ko, palagi Ko silang mamahalin hanggang wakas at ang pag-ibig na iyon ay hindi kailanman magbabago. Para naman sa mga kinamumuhian Ko, hindi naaantig ang puso Ko kahit kaunti, gaano man sila magpakawasto ng kilos. Dahil ito sa hindi sila isinilang mula sa Akin at hindi nila taglay ang Aking mga katangian o ang Aking buhay. Ibig sabihin, hindi sila patiuang naitadhana at napili Ko—sapagkat hindi Ako nagkakamali. Nangangahulugan iyan na lahat ng Aking mga gawa ay tinatawag na banal at kagalang-galang at hindi Ako kailanman nagkakaroon ng anumang pagsisisi. Sa paningin ng mga tao, masyado Akong walang habag—ngunit hindi mo ba nakikilala na Ako ang matuwid at maharlika na Diyos Mismo? Lahat ng Akin ay tama; ang mga kinamumuhian Ko ay tiyak na tatanggapin ang Aking mga sumpa at ang mga minamahal Ko ay tiyak na tatanggapin ang Aking mga pagpapala. Ito ang Aking banal at di-malalabag na disposisyon, at walang tao ang makababago nito. Wala itong pasubali!

Ngayon, ang mga totoong nakaayon sa Aking mga layunin ay tiyak na gagawin Kong ganap, dahil ang Aking gawain ay kapwa tuwiran at masinsin at hindi Ako nag-iiwan ng mga hindi tapos. Masusunog ang mga sinusumpa Ko. Kung gayon, bakit kahit na ang nakararaming tao ay naisumpa Ko na ay ginagawa pa rin ng Banal na Espiritu ang Kanyang gawain sa kanila (sinasabi ito ukol sa hindi Ko paninirahan sa isang maruming templo)? Nauunawaan ba ninyo ang totoong kahulugan sa likod ng kasabihang lahat ng usapin at lahat ng bagay ay nagbibigay serbisyo kay Cristo? Ginagawa ng Banal na Espiritu ang Kanyang gawain sa pamamagitan nila kapag ginagamit Ko ang kanilang serbisyo, ngunit karaniwan, kapag wala sila sa Aking serbisyo, hindi talaga sila naliliwanagan sa kanilang espiritu. Kahit na naghahanap nga sila, ginagawa lamang nila ito dahil sa sigasig, at panlalansi ito ni Satanas—sapagkat sa karaniwang panahon, hindi talaga nila pinapansin ang Aking gawain at lubusan silang walang pagsasaalang-alang

sa Aking mga pasanin. Ngayong nagkagulang na ang Aking mga panganay na anak, sinisipa Ko sila palayo; dahil dito, ang Aking Espiritu ay nakaalis na mula sa lahat ng dako, at natatanging atensyon ang ibinibigay sa Aking mga panganay na anak. Nauunawaan mo ba? Ang lahat ng bagay ay nakasalalay sa Aking mga gawa, sa Aking patiunang pagtatadhana, at lahat ng salita mula sa Aking bibig. Ang lahat ng lugar na nakatanggap na ng Aking mga pagpapala ay tiyak na mga lugar kung saan gumagawa Ako, at mga lugar kung saan isinasagawa ang Aking gawain. Ang Tsina ang bansa kung saan pinakasinasamba si Satanas, kaya isinumpa Ko na ito. Dagdag pa ryan, ito ang bansa na may pinakamaraming ginawa para usigin Ako. Talagang hindi Ako gagawa sa mga taong nasa ilalim ng impluwensiya ng malaking pulang dragon. Nauunawaan ba ninyo ang totoong kahulugan ng Aking mga salita? Ang bilang nga naman ng Aking mga anak at Aking tao ay kakaunti. Ang lahat ay nasa Aking mga kamay; dapat ituon ang lakas at dapat iukol ang higit na pagsisikap sa mga napili Ko na at patiunang naitadhana. Ibig sabihin, ang Aking mga panganay na anak ay dapat magmadali at magsagawa upang makibahagi sa Aking mga pasanin sa lalong madaling panahon, at ibigay ang lahat ng kanilang pagsisikap sa Aking gawain.

Kayong mga gumagawa ng serbisyo para sa Akin, makinig! Makatatanggap kayo ng ilan sa Aking biyaya kapag gumagawa ng serbisyo para sa Akin. Iyan ay, malalaman ninyo panandalian ang tungkol sa Aking huling gawain at mga bagay na mangyayari sa hinaharap—ngunit hindi talaga ninyo matatamasa ang mga ito. Ito ang Aking biyaya. Kapag natupad na ang inyong serbisyo, umalis kaagad kayo at huwag magtagal. Kayong Aking mga panganay na anak ay hindi dapat maging mapagmataas, ngunit maaari kayong magmalaki, dahil pinagkalooban Ko kayo ng walang katapusang mga pagpapala. Kayong mga puntirya para sa pagwasak ay hindi dapat magdulot ng ligalig sa inyong mga sarili o makaramdam ng lungkot tungkol sa inyong hantungan. Hindi ba't inapo ka ni Satanas? Pagkatapos mong magawa ang iyong serbisyo para sa Akin, puwede ka nang bumalik sa walang hanggang hukay dahil wala ka ng gamit para sa Akin. Sisimulan Ko nang parusahan kayo ng Aking pagkastigo pagkatapos. Sa oras na simulan Ko na ang Aking gawain, tatapusin Ko iyon; maisasakatuparan ang Aking mga gawa at iiral magpakailanman ang Aking mga naisakatuparan. Naaangkop itong lahat sa Aking mga panganay na anak, Aking mga anak, at Aking mga tao, at gayon din ito para sa inyo: Walang hanggan ang Aking magiging mga pagkastigo sa inyo. Nasabi Ko na sa inyo nang maraming ulit noon na tiyak na tiyak na parurusahan Ko ang mga masasama na lumalaban sa Akin. Kung hindi ka sinaway ng Banal ng Espiritu matapos mo Akong labanan, naisumpa na kayo at pagkatapos ay pababagsakin kayo ng Aking kamay. Kung dinidisciplina kayo ng Banal na Espiritu sa tuwing nagkakaroon ng masasamang kaisipan tungkol sa Akin, nakatanggap na kayo ng Aking pagpapala; gayunman, palagi kayong dapat maging maingat, hindi kailanman mapagpabaya, at hindi kailanman walang ingat.

Kabanata 87

Dapat ninyong bilisan ang inyong hakbang at gawin ang ibig Kong magawa—ito ang nilalayon Ko para sa inyo nang may labis na pananabik. Maaari kaya na hanggang ngayon ay hindi pa rin ninyo naunawaan ang kahulugan ng Aking mga salita? Maaari kaya na hindi pa rin ninyo nalalaman ang Aking intensyon? Nakapagsalita na Ako nang higit at higit pang malinaw, at nagsalita nang higit at higit pa, nguni't wala pa rin kayong ginawang pagsisikap upang maarok ang kahulugan ng Aking mga salita? Satanas, huwag isipin na kaya mong wasakin ang Aking plano! Yaong mga gumagawa ng serbisyo para kay Satanas—ibig sabihin ay ang mga supling ni Satanas (tumutukoy ito sa mga inaalihan ni Satanas, na, sa gayon, ay tiyak na may buhay ni Satanas, at kaya sinasabing mga supling ni Satanas)—ay nagmamakaawa sa paanan Ko, tumatangis at nagngangalit ang mga ngipin. Gayunpaman, hindi Ko gagawin ang gayong kahangal na bagay! Mapapatawad Ko ba si Satanas? Makapagdudulot ba Ako ng kaligtasan kay Satanas? Imposible iyan! Ginagawa Ko ang sinasabi Ko, at hindi Ko kailanman pagsisisihan ito!

Anumang sabihin Ko ay nagsisimulang umiral. Hindi ba ganoon? Magkagayunman, patuloy kayong hindi nagtitiwala sa Akin, pinagdududahan ang Aking mga salita, at iniisip na nakikipagbiruan lang Ako sa inyo. Sadyang katawa-tawa lang ito. Ako ang Diyos Mismo! Nauunawaan ba ninyo? Ako ang Diyos Mismo! Kung hindi Ako nagtaglay ng anumang karunungan at kapangyarihan, basta Ko lang ba magagawa at masasabi ang gusto Ko? Gayunma'y hindi pa rin ninyo Ako pinagkakatiwalaan. Paulit-ulit Ko nang ipinagdiin sa inyo ang mga bagay na ito, at muli't muling nasabi Ko na ang mga ito sa inyo. Bakit ba hindi pa rin naniniwala ang karamihan sa inyo? Bakit nagkikimkim pa rin kayo ng mga pagdududa? Bakit kayo nangungunyapit nang husto sa sariling mga kurukuro? Maililigtas ka ba ng mga ito? Ginagawa Ko ang sinasabi Ko. Nasabi Ko na sa inyo nang ilang beses: Ituring na totoo ang Aking mga salita, at huwag magduda. Sineryoso na ba ninyo ang mga ito? Sa ganang sarili, wala kang magagawa, nguni't hindi mo magawang maniwala sa kung ano ang ginagawa Ko. Ano ang masasabi sa gayong tao? Sa totoo lang, ito ay tila ba hindi Ko kayo nilikha kailanman. Sa madaling salita, hindi ka karapat-dapat, sa bawa't kaparaanan, na maging taga-serbisyo para sa Akin. Dapat paniwalaan ng lahat ang Aking mga salita! Dapat makapasa sa pagsubok ang lahat; hindi Ko hahayaang makalusot ang sinuman. Mangyari pa, hindi kasama rito yaong mga naniniwala. Tiyak na tatanggap ng Aking mga pagpapala ang mga taong nagtitiwala sa Aking mga salita, na ipagkakaloob sa iyo at tutuparin sa iyo ayon sa kung ano ang iyong pinaniniwalaan. Aking mga panganay na anak! Sinisimulan Ko na ngayong ibigay sa inyo ang lahat ng Aking pagpapala. Paunti-unti, sisimulan ninyong iwaksi ang lahat ng yaong kinamumuhiang gapos ng laman: pag-aasawa, pamilya, pagkain, pananamit, pagtulog, at lahat ng likas na sakuna (hangin, araw, ulan, nagngangalit na mga unos, ang paghihirap dahil sa pag-ulan ng niyebe, at lahat ng iba pang bagay na

kinamumuhian ninyo). Maglalakbay kayo sa ibayong mga karagatan, sa ibabaw ng lupa, at sa himpapawid nang hindi naaapektuhan ng anumang paghihigpit ng espasyo, panahon, o heograpiya, lubusang nagpapakasaya sa Aking mapagmahal na yakap at nangangasiwa sa lahat sa ilalim ng Aking magiliw na kalinga.

Sinong hindi ipinagmamalaki ang mga panganay na anak na nagawa Ko nang ganap? Sinong hindi magpupuri sa pangalan Ko alang-alang sa kanila? Bakit nais Ko ngayong ihayag sa inyo ang napakaraming hiwaga? Bakit ngayon, at hindi sa nakaraan? Ito mismo ay isa ring hiwaga; alam mo ba iyan? Bakit hindi Ko binanggit sa nakaraan na ang Tsina ay isang bansang naisumpa Ko na? At bakit hindi Ko inihayag yaong gumagawa ng serbisyo para sa Akin? Ngayon, sasabihin Ko rin ito sa inyo: Ngayon, sa Aking palagay, naisakatuparan na ang lahat, at sinasabi Ko ito hinggil sa Aking mga panganay na anak. (Dahil ngayon, kaagapay Kong naghari ang Aking mga panganay na anak—at hindi lang nahubog na, subali't talagang naghaharing kasama Ko. Sa kasalukuyan, yaong ginagawaan ng Banal na Espiritu ang tiyak na kaagapay Kong naghahari—at inihahayag ito ngayon; hindi kahapon, at hindi bukas.) Ngayon ay inihahayag Ko ang lahat ng Aking hiwaga sa normal na pagkatao, sapagka't ang mga taong nais Kong ihayag ay naihayag na, at ito ang Aking karunungan. Sumulong na ang Aking gawain sa hakbang na ito: Ibig sabihin, sa puntong ito, dapat Kong ipatupad ang plano ng mga atas administratibo na napagpasyahan Ko na nauukol lamang sa panahong ito. Dahil dito, iginagawad Ko ang angkop na mga pagpapatunay sa Aking mga panganay na anak, sa mga anak na lalaki, sa bayan, at sa mga taga-serbisyo, sapagka't may awtoridad Ako at magpapalabas ng paghatol, at mamumuno Ako nang may tungkod na bakal. Sinong nangangahas na masuwaying gumawa ng serbisyo para sa Akin? Sinong nangangahas na magreklamo sa Akin? Sinong mangangahas na magsabing hindi Ako ang Diyos ng katuwiran? Alam Ko, matagal nang naihayag sa Aking harapan ang inyong maka-demonyong kalikasan: Nakararamdam kayo ng panibugho at pagkamuhi sa sinuman na naging mabuti Ako. Ito ay lubos na kalikasan ni Satanas! Mabuti Ako sa Aking mga anak; mangangahas ka bang magpahayag na hindi Ako matuwid? Mapalalayas kita nang tuluyan, nguni't sa kabutihang-palad, gumagawa ka ng serbisyo para sa Akin, at hindi ngayon ang panahon; kung hindi, pinalayas na sana kita!

Mga kauri ni Satanas! Tigilan ang pagiging mababangis! Huwag nang magsalita pa! Huwag nang kumilos pa! Nagsimula nang maisakatuparan ang Aking gawain sa Aking hinirang na mga anak na lalaki at bayan, at lumalaganap na ito sa lahat ng bansa, lahat ng denominasyon, lahat ng relihiyon, at lahat ng katayuan sa pamumuhay sa labas ng Tsina. Bakit ba yaong nagbibigay ng serbisyo sa Akin ay palaging espirituwal na nahahadlangan? Bakit hindi nila kailanman naiintindihan ang mga usaping espirituwal? Bakit ba hindi kailanman gumagawa ang Aking Espiritu sa mga taong ito? Sa pangkalahatang pagsasabi, hindi Ko makakayang basta gumugol ng napakalaking pagsisikap sa mga hindi Ko naitalaga o nahirang na. Lahat ng Aking naunang pagdurusa, at lahat ng Aking mabusising pagkalinga at mga pagsisikap, ay

para sa kapakanan ng Aking mga panganay na anak at sa isang maliit na bahagi ng mga anak na lalaki at bayan; bukod pa rito, nagawa Ko ang mga bagay na ito upang ang Aking gawain sa hinaharap ay matapos nang walang sagabal at nang hindi mahadlangan ang Aking kalooban. Sapagka't Ako ang marunong na Diyos Mismo, nakagawa na Ako ng angkop na mga pagsasaayos para sa bawa't hakbang. Wala akong pagsisikap na panatilihin ang sinumang tao (nakatuon ito sa mga hindi hinirang o itinalaga), o ibagsak na lang ang sinuman (nakatuon ito sa mga hinirang at itinalaga): Ito ang Aking atas administratibo, na hindi mababago ng sinuman! Sa Aking mga kinamumuhian, malupit Ako; sa Aking mga minamahal, mapagbantay at mapangalaga Ako. Kaya't ginagawa Ko ang sinasabi Ko (silang hinihirang Ko, ang hinirang, at silang itinatalaga Ko, ang itinalaga; ang mga ito ang Aking mga gawain na naisaayos Ko na bago pa ang paglikha).

Sinong makapagbabago ng Aking puso? Maliban sa Aking pagkilos ayon sa mga planong ginagawa Ko ayon sa nais Ko, sinong mangangahas na kumilos nang padalus-dalos at hindi sumunod sa Aking mga utos? Ang lahat ng ito ang Aking mga atas administratibo; sinong mangangahas na alisin ang isa man sa mga ito mula sa Akin? Dapat na nasa Aking pag-uutos ang lahat. Sinasabi ng ilang tao na nagdusa nang napakalaki ang isang partikular na tao, at matapat at dalisay na nagsasaalang-alang sa Aking puso. Bakit, kung gayon, hindi Ko siya hinirang? Ito rin ay Aking atas administratibo. Kung sabihin Ko na ang isang tao ay kaayon ng Aking mga intensyon, ang taong iyon ay kaayon ng mga intensyon Ko at minamahal Ko; kung sabihin Ko na ang isang tao ay anak ni Satanas, ang taong iyon ay isang kinamumuhian Ko. Huwag magpalakas kahit kanino! Talaga bang makikita mo ang loob ng taong iyon? Lahat ng mga bagay na ito ay pinagpasyahan Ko. Ang anak ay lalaging anak, at si Satanas ay lalaging si Satanas; sa madaling salita, hindi nagbabago ang kalikasan ng tao. Maliban kung pagbaguhin Ko sila, susundan ng lahat ang kanilang sariling uri, at hindi nababago!

Inihahayag Ko sa inyo ang Aking mga hiwaga habang sumusulong ang Aking gawain. Talaga bang alam ninyo kung sa aling hakbang na sumulong ang Aking gawain? Talaga bang susunod kayo sa pangunguna ng Aking Espiritu, upang gawin ang Aking ginagawa at sabihin ang Aking sinasabi? Bakit Ko binabanggit na ang Tsina ay isang bansa na naisumpa Ko na? Unang-una, nilikha Ko ang mga Tsino ngayon sa Aking larawan. Wala silang espiritu, at sa pasimula, ginawa silang tiwali ni Satanas at hindi maililigtas. Kaya nagalit Ako sa mga taong ito at isinumpa sila. Kinamumuhian Ko sa lahat ang mga taong ito, at nagagalit Ako mabanggit lamang sila, sapagka't sila ang mga anak ng malaking pulang dragon. Ipinagugunita nito ang kapanahunan nang nasakop na ang Tsina ng mga bayan ng mundo. Ganito pa rin ito hanggang ngayon, at itong lahat ay sumpa Ko—ang Aking pinakamakapangyarihang paghatol laban sa malaking pulang dragon. Panghuli, gumawa Ako ng isa pang uri ng mga tao, itinalaga Ko sa kanilang loob ang Aking mga panganay na anak, Aking mga anak na lalaki, Aking bayan, at yaong nagbibigay ng serbisyo para sa Akin. Samakatuwid, ang lahat ng ginagawa Ko ngayon

ay matagal Ko nang naisaayos. Bakit paulit-ulit kayong inuusig at sinisiil ng mga nasa kapangyarihan sa Tsina? Ito ay dahil hindi natutuwa ang malaking pulang dragon sa Aking sumpa, at lumalaban sa Akin. Gayunman, sa ilalim mismo ng ganitong uri ng pag-uusig at pagbabanta na ginagawa Kong ganap ang Aking mga panganay na anak, upang makapagbigay ito ng isang malakas na ganting salakay laban sa malaking pulang dragon at sa mga anak nito. Kalauna'y aayusin Ko ang mga ito. Ngayon, pagkaraang makinig sa Aking mga salita, totoo bang nauunawaan ninyo ang kahalagahan ng Aking pagpapahintulot sa inyo na magharing kaagapay Ko? Ang sandaling sabihin Ko na ang malaking pulang dragon ay lubusan nang naisadlak sa kamatayan nito ay ang sandali rin kung kailan ang Aking mga panganay na anak ay naghaharing kasama Ko. Ang pang-uusig ng malaking pulang dragon sa mga panganay na anak ay tumutulong nang malaki sa Akin, at kapag ang Aking mga anak na lalaki ay nasa hustong gulang na at kaya nang pangasiwaan ang mga gawain ng Aking tahanan, ang masasamang tagapagsilbi na iyon (ang mga taga-serbisyo) ay isasaisantabi. Sapagka't ang Aking mga panganay na anak ay makapaghahari nang kasama Ko at maisasakatuparan ang Aking mga intensyon, isa-isa Kong isasadlak ang mga taga-serbisyo sa lawa ng apoy at asupre: Kailangan nilang umalis, anuman ang mangyari! Lubusan Kong nababatid na ang mga kauri ni Satanas ay ibig ring magtamasa ng Aking mga pagpapala, at hindi hangad na bumalik sa ilalim ng sakop ni Satanas; gayunman, may mga atas administratibo Ako, na dapat sundin ng lahat at dapat maisakatuparan—at walang sinuman ang hindi masasaklaw nito. Kalaunan, isa-isa Kong sasabihin sa inyo ang Aking mga atas administratibo, upang maiwasang labagin ninyo ang mga ito.

Kabanata 88

Sadyang hindi kayang maguni-guni ng mga tao ang lawak kung gaano na bumilis ang Aking hakbang: Kamangha-manghang pangyayari ito na di-maarok ng tao. Simula pa sa paglikha ng mundo, nagpatuloy na ang Aking bilis at hindi kailanman tumigil ang Aking gawain. Nagbabago araw-araw ang buong mundo ng sansinukob, at palaging nagbabago rin ang mga tao. Lahat ng ito'y bahagi ng Aking gawain, lahat ay bahagi ng Aking plano, at higit pa rito, kasama ang mga ito sa Aking pamamahala, at walang taong nakakaalam o nakakaunawa sa mga bagay na ito. Tanging kapag Ako Mismo ang nagsabi sa inyo, tanging kapag harap-harapan Kong ipinagbigay-alam sa inyo, na inyong nalalaman ang kahit pinakakaunti; kung hindi, talagang walang sinumang makakaalam ng balangkas ng Aking plano ng pamamahala. Gayon ang Aking dakilang kapangyarihan, at higit pa rito, gayon ang Aking mga kamangha-manghang pagkilos. Mga bagay ito na walang makapagbabago. Kaya nga, kung ano ang sinasabi Ko ngayon ay nangyayari, at hindi ito basta mababago. Sa mga kuru-kuro ng tao wala kahit katiting na kaalaman tungkol sa Akin—lahat ng ito ay walang katuturang usapan! Huwag mong

isipin na sapat na sa iyo o nasisiyahan ka na! Sinasabi Ko ito sa iyo: Malayo pa ang lalakbayin mo! Sa kabuuan ng Aking plano ng pamamahala, kaunti lang ang alam ninyo, kaya dapat kayong makinig sa sinasabi Ko at gawin ang anumang sinasabi Ko sa inyong gawin. Kumilos kayo ayon sa Aking mga nais sa lahat ng bagay, at tiyak na magkakaroon kayo ng mga pagpapala Ko; makatatanggap ang sinumang naniniwala, samantalang sinumang hindi naniniwala ay magkakaroon ng “wala” na inisip nilang natupad sa kanila. Ito ang Aking katuwiran, at, higit pa rito, ito ang Aking kamahalan, Aking poot, at Aking pagkastigo. Hindi Ko palalagpasin ni isa mang kaisipan o pagkilos ninuman.

Pagkarinig sa Aking mga salita, natatakot at nanginginig ang karamihan sa mga tao, na may pag-aalalang nakakunot ang mga noo. Nakagawa na ba Ako ng mali sa iyo? Maaari kayang ikaw ay hindi anak ng malaking pulang dragon? Nagkukunwari ka pang mabait! Nagkukunwari ka pa na Aking panganay na anak! Iniisip mo ba na bulag Ako? Iniisip mo ba na hindi Ko nakikilala ang kaibahan sa mga tao? Ako ang Diyos na sumisiyasat sa kaloob-loobang bahagi ng puso ng mga tao: Ito ang sinasabi Ko sa Aking mga anak, at ang sinasabi Ko rin sa inyo, na mga anak ng malaking pulang dragon. Malinaw Kong nakikita ang lahat, na walang anumang pagkakamali. Papaanong hindi Ko malalaman kung ano ang ginagawa Ko? Napakalinaw sa Akin ang ginagawa Ko! Bakit Ko sinasabi na Ako ang Diyos Mismo, ang Lumikha ng sansinukob at lahat ng bagay? Bakit Ko sinasabi na Ako ang Diyos na sumusuri sa kaloob-loobang bahagi ng puso ng mga tao? Lubos na nababatid Ko ang kalagayan ng bawat tao. Iniisip ba ninyo na hindi Ko nalalaman kung ano ang gagawin o kung ano ang sasabihin Ko? Hindi ninyo ito alalahanin. Mag-ingat kayo na hindi mapatay ng Aking kamay; sa gayo’y mawawalan kayo. Hindi mapagpatawad ang Aking mga atas administratibo. Nauunawaan ba ninyo? Lahat ng nabanggit sa itaas ay bahagi ng Aking mga atas administratibo. Mula sa araw na sinasabi Ko sa inyo ang mga ito, kung gagawa kayo ng anumang karagdagang paglabag, magkakaroon ng kagantihan, dahil hindi ninyo naunawaan noong una.

Ngayon pinagtitiyap Ko ang Aking mga atas administratibo para sa inyo (nagkabisa simula ng araw ng pagpapatibay ng mga ito, na nagtatalaga ng iba’t ibang pagkastigo sa iba’t ibang tao):

Tinutupad Ko ang Aking mga pangako, at lahat ay nasa Aking mga kamay: Sinumang nagdududa ay tiyak na papatayin. Walang lugar para sa anumang pagsasaalang-alang; kaagad silang lilipulin, sa ganito’y inaalas ang pagkamuhi mula sa Aking puso. (Pinatotohanan mula ngayon na sinumang pinaslang ay hindi dapat maging kasapi ng Aking kaharian, at dapat ay inapo ni Satanas.)

Bilang mga panganay na anak, dapat panatilihin ninyo ang inyong mga sariling katayuan at gampanang mabuti ang inyong mga tungkulin, at huwag maging mapanghimasok. Dapat ihandog ninyo ang inyong mga sarili sa Aking plano ng pamamahala, at saan man kayo pumunta ay dapat kayong mabuting magpatotoo sa Akin at luwalhatiin ang Aking pangalan. Huwag kayong gumawa ng mga kahiya-hiyang bagay; maging halimbawa kayo para sa lahat ng Aking mga anak at sa Aking bayan. Huwag

kayong maging mahalay kahit isang sandali: Dapat palagi kayong nagpapakita sa lahat na may pagkakakilanlan ng mga panganay na anak, at hindi mag-asal-alipin, kundi lumalakad na taas-noo. Hinihingi Ko sa inyo na luwalhatiin ang Aking pangalan, hindi ipahiya ang pangalan Ko. Bawat isa sa mga panganay na anak ay mayroong kanyang sariling tungkulin, at hindi magagawa ang lahat ng bagay. Ito ang pananagutang ibinigay Ko na sa inyo, na hindi dapat inuurungan. Dapat itaaga ninyo ang inyong mga sarili sa pagtupad sa naipagkatiwala Ko na sa inyo nang inyong buong puso, nang inyong buong isip at nang inyong buong lakas.

Mula sa araw na ito, sa buong mundo ng sansinukob, ang tungkulin ng pagpapastol sa lahat ng Aking anak at Aking buong bayan ay ipagkakatiwala sa Aking mga panganay na anak para tuparin, at sinumang hindi maipatutupad ito nang kanilang buong puso at nang kanilang buong isip ay kakastiguhin Ko. Ito ang Aking katuwiran. Hindi Ko palalagpasin o pagagaanin ang parusa maging sa Aking mga panganay na anak.

Kung mayroong sinuman sa Aking mga anak o sa bayan Ko na tumutuya at umiinsulto sa isa sa Aking mga panganay na anak, malupit Ko silang parurusahan, dahil kinakatawan Ako ng Aking mga panganay na anak; anumang ginagawa ninuman sa kanila, ginagawa rin nila sa Akin. Ito ang pinakamahigpit sa Aking mga atas administratibo. Hahayaan Ko ang Aking mga panganay na anak na maglapat ng Aking katuwiran ayon sa kanilang mga naisin laban sa sinuman sa Aking mga anak at Aking bayan na lumalabag sa atas na ito.

Unti-unting iiwan Ko ang sinumang tumuturing sa Akin na walang gaanong kabuluhan at pinagtutuunan lang ang Aking pagkain, kasuotan, at pagtulog, inaasikaso lang ang Aking mga panlabas na gawain at walang pagsasaalang-alang sa Aking pasanin, at hindi binibigyang pansin ang maayos na pagtupad sa kanilang sariling tungkulin. Para ito sa lahat na may pandinig.

Sinumang nakakatapos sa paglilingkod sa Akin ay dapat masunuring umurong na walang kuskus-balungos. Mag-ingat ka, kung hindi ay aayusin kita. (Karagdagang atas ito.)

Dadamputin ng Aking mga panganay na anak ang tungkod na bakal simula ngayon at sisimulang ipatupad ang Aking awtoridad na mamahala sa lahat ng bansa at bayan, lumakad sa gitna ng lahat ng bansa at bayan, at isagawa ang Aking paghatol, katuwiran, at kamahalan sa gitna ng lahat ng bansa at bayan. Ang Aking mga anak at Aking bayan ay katatakutan Ako, pupurihin Ako, ipagbubunyi Ako, at luluwalhatiin Ako nang walang patid, dahil natutupad ang Aking plano ng pamamahala at makapaghaharing kasama Ko ang Aking mga panganay na anak.

Bahagi ito ng Aking mga atas administratibo; pagkatapos nito, sasabihin Ko sa inyo ang mga ito habang sumusulong ang gawain. Mula sa mga atas administratibo sa itaas, makikita ninyo ang bilis kung paano Ko ginagawa ang Aking gawain, gayun din kung anong hakbang na ang naabot ng Aking gawain. Magiging patunay ito.

Nahusgahan Ko na si Satanas. Dahil hindi nahahadlangan ang Aking kalooban at

dahil nagtamo ng kaluwalhatian na kasama Ko ang Aking mga panganay na anak, naipatupad Ko na ang Aking katuwiran at kamahalan sa mundo at sa lahat ng bagay na pag-aari ni Satanas. Hindi Ako nag-aangat ng daliri o nagbibigay-pansin kay Satanas sa anumang paraan (dahil ni hindi ito karapat-dapat na makipag-usap sa Akin). Patuloy Ko lang ginagawa kung ano ang nais Kong gawin. Nagpapatuloy nang maayos ang Aking gawain, paisa-isang hakbang, at hindi nahahadlangan ang Aking kalooban sa buong daigdig. Napahiya na sa isang antas si Satanas dahil dito, at lubusan nang nawasak ito, pero hindi pa rin nito natupad ang Aking kalooban. Pinapayagan Ko rin ang Aking mga panganay na anak na ipatupad ang Aking mga atas administratibo sa mga ito. Sa isang banda, ang hinahayaan Kong makita ni Satanas ay ang Aking poot tungo rito; sa kabilang banda, hinahayaan Ko itong makita ang Aking kaluwalhatian (makita na ang Aking mga panganay na anak ang pinakamatutunog na mga saksi sa pagkapahiya ni Satanas). Hindi Ko personal na pinarurusahan ito; kundi hinahayaan Ko ang Aking mga panganay na anak na ipatupad ang Aking katuwiran at kamahalan. Dahil dati ay inaabuso ni Satanas ang Aking mga anak, inuusig ang Aking mga anak, at sinisiil ang Aking mga anak, ngayon, matapos ang serbisyo nito, papayagan Ko ang Aking mga maygulang na panganay na anak na ayusin ito. Nawalang-kapangyarihan na si Satanas laban sa pagbagsak. Ang pagkaparalisa ng lahat ng bansa sa mundo ang pinakamahusay na patotoo; malinaw na pagpapamalas ng pagbagsak ng kaharian ni Satanas ang paglalabanan ng mga tao at digmaan ng mga bansa. Ang dahilan kung bakit hindi Ako nagpakita ng anumang mga palatandaan at kababalaghan noon ay upang ipahiya si Satanas at luwalhatiin ang Aking pangalan, nang paunti-unti. Kapag si Satanas ay lubusan nang nagapi, sisimulan Kong ipakita ang Aking kapangyarihan: Umiiral ang sinasabi Ko, at ang mga di-pangkaraniwang bagay na hindi nakaayon sa mga kuru-kuro ng tao ay matutupad (tinutukoy nito ang mga pagpapalang parating sa lalong madaling panahon). Dahil Ako ang praktikal na Diyos Mismo at wala Akong mga panuntunan, at dahil nagsasalita Ako ayon sa mga pagbabago sa Aking plano ng pamamahala, kung ano ang nasabi Ko na sa nakalipas ay hindi kinakailangang naaangkop sa kasalukuyan. Huwag ninyong panghawakan ang sarili ninyong mga kuru-kuro! Hindi Ako Diyos na sumusunod sa mga alituntunin; sa Akin, lahat ay malaya, nangingibabaw, at ganap na napawalan. Marahil ang mga sinabi kahapon ay hindi na napapanahon ngayon, o marahil ay isinasantabi ngayon (ngunit, ang Aking mga atas administratibo, mula noong pinagtibay ang mga ito, ay hindi kailanman magbabago). Ito ang mga hakbang sa Aking plano ng pamamahala. Huwag kumapit sa mga alituntunin. Araw-araw ay mayroong bagong liwanag at may mga bagong pahayag, at iyan ang plano Ko. Mabubunyag sa iyo araw-araw ang Aking liwanag at pakakawalan sa mundo ng sansinukob ang Aking tinig. Nauunawaan mo ba? Ito ang iyong tungkulin, ang pananagutang naipagkatiwala Ko sa iyo. Hindi mo ito dapat pabayaan kahit saglit. Ang mga taong kinaluluguran Ko, gagamitin Ko hanggang wakas, at hindi ito kailanman magbabago. Dahil Ako ang Diyos na makapangyarihan sa lahat, nalalaman Ko kung anong uri ng tao ang dapat gumawa ng

kung anong bagay, at kung anong uri ng tao ang kayang gumawa ng kung anong bagay. Ito ang Aking walang kapantay na kapangyarihan.

Kabanata 89

Hindi madali na gawin ang lahat ng bagay nang nakaayon sa Aking mga layunin. Wala itong kinalaman sa pagpilit sa iyong sarili na magkunwari; sa halip, nakasalalay ito kung pinagkalooban kita ng Aking mga katangian bago ang Aking paglikha ng mundo. Ang lahat ng ito ay nakasalalay sa Akin. Hindi ito mga bagay na magagawa ng mga tao. Mamahalin Ko kung sino ang nais Kong mahalin, at tiyak na panganay na anak ang sinumang sinasabi Kong panganay na anak. Iyan ay talagang tama! Maaaring gustuhin mong magkunwari, pero walang saysay ang paggawa nito! Iniisip mo bang hindi kita nakikilala ayon sa kung ano ka? Sapat na ba para sa iyo na magpakita lamang ng ilang mabubuting pag-uugali habang nasa harapan Ko? Ganoon ba ito kasimple? Hinding-hindi ito ganoon; dapat na nasa iyo ang Aking pangako, at kailangang nasa iyo ang Aking paunang pagtatalaga. Iniisip mo ba na hindi Ko alam ang ginagawa mo sa likod Ko? Talipandas ka! Magmadali kang bumalik sa lawa ng apoy at asupre sa sandaling matapos ang iyong serbisyo sa Akin! Nasusuklam Ako; puno Ako ng pagkamuhi sa pagtingin sa iyo. Ang lahat ng nagseserbisyo sa Akin, ang lahat ng hindi tapat na gumugugol ng kanilang sarili para sa Akin, ang lahat ng namumuhay ng masama at walang pagpipigil, at ang lahat ng hindi makaunawa ng Aking mga layunin, pagkatapos ng iyong pagseserbisyo, magmadali at lumayas sa harapan Ko! Kung hindi, patatalsikin kita! Hindi maaaring manatili ang mga taong ito sa Aking sambahayan (ibig sabihin, ang iglesia) nang isa pang saglit. Dapat silang lumabas dito upang hindi magdala ng kahihyan sa Aking pangalan at sirain ang Aking reputasyon. Ang lahat ng mga taong ito ay inapo ng malaking pulang dragon; ipinadala sila ng malaking pulang dragon para gambalain ang Aking pamamahala. Nagpapakadalubhasa sila sa pandaraya upang gambalin ang Aking gawain. Anak Ko! Dapat ay nakikita mo ito! Huwag makisama sa mga taong tulad nito. Kapag nakikita mo ang mga ganitong uri ng mga tao, kaagad na lumayo mula sa kanila upang maiwasang masilo sa kanilang mga patibong; na magdudulot ng pinsala sa iyong buhay! Pinakakinasusuklaman Ko yaong mga taong nagsasalita nang walang-ingat, na kumikilos nang hindi nag-iisip, na nagpapatawa at tumatawa, na nakikisali sa walang kabuluhang huntahan. Hindi Ko nais ang sinuman sa mga taong iyon; silang lahat ay kauri ni Satanas! Nanunukso nang walang anumang dahilan. Ano ang mga nilalang na ito? Nagsasalita sila nang walang katuturan at nanggugulo. Hindi pa rin ba sila nakadarama ng kahihyan? Sa katunayan, ang ganitong uri ng tao ang pinakamababa ang halaga, at matagal Ko na silang nakilatis at pinabayaan. Kung hindi ko ito ginawa, bakit sila paulit-ulit na nagsasalita nang walang katuturan nang hindi napapasailalim sa Aking pagdisiplina? Talagang mga inapo sila ng

malaking pulang dragon! Ngayon, nasimulan Ko nang isa-isang alisin ang mga bagay na ito. Magagamit Ko ba ang mga inapo ni Satanas bilang Aking mga panganay na anak, bilang Aking mga anak at Aking mga tao? Kung gayon hindi ba Ako maguguluhan? Tiyak na hindi Ko gagawin iyan. Malinaw ba ninyong nauunawaan ito?

Ang lahat ng kinakaharap ninyo ngayon, mabuti man o masama, ay isinaayos na lahat ng Aking marurunong na kamay; ang lahat ay pinamamahalaan Ko at kontrolado Ko. Tiyak na ito ay isang bagay na hindi kaagad magagawa ng sangkatauhan. Ang ilang tao ay namamawis pa rin ang mga palad sa pag-aalala tungkol sa Akin; ngunit hindi nila talaga kailangang mag-alala! Pinababayaan nila ang kanilang pangunahing tungkulin, at hindi hinahangad na pumasok sa espiritu, pero humihiling pa rin sila ng paglago sa buhay. Umaasa sila nang walang saysay! Hindi sila nababalisa nang kahit kaunti, pero gusto pa rin nilang isagawa ang Aking mga layunin! Nag-aalala kayo sa ngalan Ko, pero hindi Ako nag-aalala. Ano ang inaalala mo? Wala ang iyong puso sa iyong gawain para sa Akin, tahasan kang nagsisinungaling. Sinasabi Ko sa iyo! Itataboy Ko ang mga taong tulad mo mula sa Aking sambahayan mula ngayon. Hindi karapat-dapat na maglingkod sa Akin sa Aking sambahayanan ang ganitong mga tao. Kinamumuhian Ko sila dahil nilalapastangan nila Ako sa kanilang mga ginagawa. Nang sinabi na “ang paglapastangan laban sa Akin ay isang di-mapapatawad na kasalanan,” sino ang tinutukoy dito? Malinaw ba sa inyo ito? Naniniwala ang ganitong uri ng tao na hindi pa malubha ang suliranin, kahit na nagawa na niya ang kasalanang ito. Talagang ang nalilitong taong ito ay bulag at mangmang, at nahaharangan ang kanyang espiritu! Patatalsikin kita! (Dahil ito ang pagtukso ni Satanas sa Akin, kinamumuhian Ko ito nang labis, at ang paksang ito ay paulit-ulit nang nabanggit, ginagalit Ako sa bawat pagkakataon. Hindi Ko mapigilan ang aking galit, at walang makakapigil nito. Hindi pa dumarating ang panahon, kung hindi ganito ay matagal Ko nang napanagot ang taong iyon!) (Tungkol ito sa katunayan na sa kasalukuyan maraming tao ang hindi pa rin naniniwala na gustong magsiksikan sa China ng mga dayuhan; kahit ngayon ay hindi pa rin sila naniniwala, at ito ang dahilan kung bakit ang Aking poot ay nag-aalimpuyo at kumukulo.)

Sa Aking sambahayan, ano ang eksaktong uri ng tao na naghahangad ng Aking puso? Ibig sabihin, bago ang paglikha, anong uri ng mga tao and paunang itinalaga Ko na mabuhay nang walang hanggan sa Aking sambahayan? Alam ba ninyo? Naisaalang-alang na ba ninyo kung anong uri ng mga tao ang minamahal Ko at kung anong uri ng mga tao ang kinamumuhian Ko? Para sa mga taong may isip na katulad Ko ang Aking sambahayan, at nakikibahagi sa masasayang panahon at mga paghihirap Ko—sa madaling salita, mga taong nakikibahagi kapwa sa mga pagpapala at paghihirap. Ang mga taong ito ay kayang mahalin lahat ang mahal Ko at kamuhian ang kinamumuhian Ko. Matatalikuran nila kung ano ang kinasusuklaman Ko. Kung sinasabi Ko na hindi sila makakakain, handa silang hayaang walang laman ang kanilang mga tiyan para maisagawa ang Aking mga layunin. Ang ganitong uri ng tao ay handang manatiling

tapat sa Akin, at igugol ang kanyang sarili para sa Akin, at kayang magpakita ng pagsasaalang-alang sa Aking maiingat na pagsisikap, palaging nagpapagal para sa Aking kapakanan. Kaya nga, sa ganitong mga tao ay ibinigay Ko ang katayuan ng panganay na mga anak, ibinigay ang lahat ng mayroon Ako sa kanila: mayroon Akong kakayahan na pamunuan ang lahat ng iglesia, at ipinagkakaloob Ko ito sa kanila; mayroon Akong karunungan, at ipinagkakaloob Ko rin ito sa kanila; makapagdurusa Ako para sa pagsasagawa ng katotohanan, at ibinigay Ko rin ang determinasyon sa mga taong ito, na binibigyang-kakayahan sila na pagdusahan ang lahat ng bagay para sa kapakanan Ko; mayroon Akong mabubuting katangian at ibinigay Ko rin ang mga ito sa kanila, na ginagawa silang ganap na katulad Ko, wala ni katiting na pagkakaiba, upang makita Ako ng iba kapag nakikita nila ang mga taong ito. Ngayon, inilalagay Ko ang Aking ganap na pagka-Diyos sa loob ng mga taong ito upang bigyan sila ng kakayahang isabuhay ang isang aspeto ng Aking ganap na pagka-Diyos, upang maaari nila Akong lubos na maipamalas; ito ang Aking layunin. Huwag hangaring maging tulad Ko sa mga panlabas na bagay (ang kumain nang kapareho Ko, magsuot ng kapareho ng damit Ko); walang silbi ang lahat ng ito, at sisirain lang ninyo ang sarili ninyo kapag hinangad ninyo ang mga bagay na tulad nito. Dahil ang mga naghahangad na gayahin Ako sa panlabas ay mga alagad ni Satanas, at isang pakana ni Satanas ang ganitong uri ng pagsisikap; nagpapakita ito ng ambisyon ni Satanas. Hinahangad mo na maging katulad Ko, pero karapat-dapat ka ba? Yuyurakan kita hanggang kamatayan! Palaging nagaganap ang Aking gawain, lumalaganap sa bawat bansa sa buong mundo. Kaagad kayong sumunod sa Aking mga yapak!

Kabanata 90

Lahat ng mga bulag ay dapat lumayo sa Akin at hindi na dapat manatili pa kahit isang sandali, dahil ang mga nais Ko ay yaong kayang makilala Ako, kayang makita Ako at kayang makamit lahat ng bagay mula sa Akin. At sino nga ba ang tunay na makapagkakamit ng lahat ng bagay mula sa Akin? Tiyak na may napakakaunting ganitong uri ng tao at siguradong tatanggap sila ng mga pagpapala Ko. Iniibig Ko ang mga taong ito at isa-isa Ko silang pipiliin para maging kanang kamay Ko, maging pagpapamalas Ko. Gagawin Ko ang lahat ng bansa at lahat ng tao na purihin Ako nang walang-patid, patuloy na nagbubunyi alang-alang sa mga taong ito. O, Bundok Sion! Itaas ang bandila ng tagumpay at magbunyi para sa Akin! Sapagkat binabagtas Ko ang sansinukob at hanggang sa mga dulo ng mundo, sinasaklaw ang bawat sulok ng mga kabundukan, mga ilog at lahat ng bagay, bago muling bumalik dito. Matagumpay Akong bumabalik nang may pagiging matuwid, paghatol, poot at pagniningas, at lalong higit pa ay kasama ang Aking mga panganay na anak. Lahat ng bagay na Aking kinamumuhian at lahat ng tao, mga usapin, at mga bagay na Aking kinasusuklaman, ay itinatapon Ko

nang napakalayo. Ako ay matagumpay at natapos Ko na ang lahat ng nais Kong gawin. Sinong nangangahas na magsabi na hindi Ko pa natapos ang Aking gawain? Sinong nangangahas na magsabi na hindi Ko pa nakamit ang Aking mga panganay na anak? Sinong nangangahas na magsabi na hindi pa Ako nakabalik nang matagumpay? Tiyak na kauri ni Satanas ang gayong mga tao; sila ang mga nahihirapang makamit ang Aking kapatawaran. Mga bulag sila, maruruming demonyo sila at pinakakinamumuhian Ko sila. Sa mga bagay na ito ay sisimulan Kong ihayag ang Aking poot at ang kabuuan ng Aking paghatol, at, sa pamamagitan ng Aking nagniningas na apoy, pasisiklabin ang sansinukob at ang mundo mula sa magkabilang dulo, tinatanglawan ang bawat sulok—ito ang Aking atas administratibo.

Kapag naunawaan mo na ang Aking mga salita, dapat kang magtamo ng kaginhawahan mula sa mga ito; huwag mo dapat hayaang lumampas ang mga ito nang di-binibigyang-pansin. Sumasapit ang mga pagbigkas ng paghatol araw-araw, kaya bakit masyado kayong mapurol at manhid? Bakit hindi kayo nakikipagtulungan sa Akin? Talaga bang handang-handa kayong mapunta sa impiyerno? Sinasabi Ko na Ako ang Diyos ng awa sa Aking mga panganay na anak, sa Aking mga anak at mga tao, kaya paano ninyo inuunawa ito? Hindi ito isang simpleng pahayag, at dapat itong maintindihan mula sa isang positibong pananaw. O, bulag na sangkatauhan! Maraming beses Ko na kayong iniligtas, dinadala kayo palabas sa pagkahawak ni Satanas at palabas sa pagkastigo upang maaari ninyong makamtan ang Aking pangako, kaya bakit hindi kayo nagpapakita ng anumang pagsasaalang-alang para sa puso Ko? Maliligtas ba ang sinuman sa inyo sa ganitong paraan? Ang Aking pagiging matuwid, pagiging maharlika at paghatol ay hindi nagpapakita ng awa kay Satanas. Subalit kung kayo ang pag-uusapan, ang layon ng mga ito ay upang iligtas kayo, gayunman ay wala talaga kayong kakayahang maunawaan ang Aking disposisyon, at hindi rin ninyo alam ang mga prinsipyo sa likod ng Aking mga pagkilos. Inisip ninyo na walang pagkakaiba para sa Akin ang katindihan ng Aking iba't ibang pagkilos, o na walang pagkakaiba para sa Akin ang mga pakay ng Aking mga pagkilos—napakamangmang! Kaya Kong makita nang malinaw ang lahat ng tao, mga pangyayari, at mga bagay. Nauunawaan Ko nang may ganap na kalinawan ang diwa ng bawat tao, ibig sabihin, lubos Kong naaaninag ang mga bagay na kinikimkim ng tao sa kanilang mga sarili. Nakikita Ko nang malinaw kung ang isang tao ay isang jezebel o isang patutot, at alam Ko kung sino ang gumagawa ng kung ano nang lihim. Huwag ipangalandakan ang inyong alindog sa harapan Ko, mga walang hiya! Lumayas kayo dito ngayon din! Para maiwasang magdala ng kahihyan sa Aking pangalan, hindi Ko ginagamit ang ganoong uri ng tao! Hindi nila kayang patotohanan ang Aking pangalan, at sa halip ay kumikilos nang hindi nakabubuti at nagdadala ng kahihyan sa Aking pamilya! Agad silang palalaysin sa Aking sambahayan. Hindi Ko sila gusto. Hindi Ko pahihintulutan ang pagkaantala ng kahit na isang segundo! Para sa mga taong iyon, paano man sila maghanap, wala itong saysay, dahil banal at walang anumang dungis ang lahat sa Aking kaharian. Kung

sinasabi Ko na hindi Ko nais ang isang tao—at kabilang doon ang Aking sariling mga tao—seryoso Ako rito; huwag hintaying baguhin Ko ang Aking isip. Wala Akong pakialam kung gaano ka man kabuti sa Akin noon!

Naghahayag Ako ng mga hiwaga sa inyo araw-araw. Alam ba ninyo ang Aking pamamaraan ng pagsasalita? Ano ang batayan kung saan Ko inihahayag ang Aking mga hiwaga? Alam ba ninyo? Madalas ninyong sinasabi na Ako ang Diyos na nagtutustos sa inyo sa tamang panahon, kaya paano ninyo iniintindi ang mga aspetong ito? Inihahayag Ko sa inyo ang Aking mga hiwaga nang paisa-isa alinsunod sa mga hakbang ng Aking gawain, at nagtutustos Ako sa inyo alinsunod sa Aking plano, at lalong higit pa ay alinsunod sa inyong tunay na mga tayog (sa tuwing binabanggit ang Aking pagtustos, tinutukoy nito ang bawat isang tao sa kaharian). Samakatuwid ang Aking paraan ng pagsasalita ay: Nagbibigay Ako ng kaaliwan sa mga tao sa Aking sambahayan—tinutustusan Ko sila at hinahatulan Ko sila; wala Akong ipinakikitang awa kay Satanas, ni katiting, at lahat ay poot at pagniningas. Gagamitin Ko ang Aking mga atas administratibo para isa-isang palayasin sa Aking sambahayan ang mga hindi Ko patiunang itinalaga o hinirang. Hindi kailangang mabalisa. Pagkatapos Kong sanhiing ihayag nila ang kanilang orihinal na mga anyo (pagkatapos nilang magbigay ng serbisyo para sa Aking mga anak pagdating ng katapusan), babalik sila sa walang hanggang hukay, o kung hindi ay hindi Ko kailanman kalilimutan ang bagay na ito at hindi Ko kailanman pakakawalan. Madalas binabanggit ng mga tao ang impiyerno at Hades. Subalit ano ba ang tinutukoy ng dalawang salitang ito, at ano ang pagkakaiba sa pagitan ng mga ito? Tunay bang tumutukoy ang mga ito sa isang malamig, madilim na sulok? Palaging ginagambala ng mga isip ng tao ang Aking pamamahala, iniisip na ganap na mahusay ang kanilang sariling mga basta-bastang pagninilay-nilay. Subalit ang lahat ng ito ay walang iba kundi kanilang sariling mga guni-guni. Kapwa tumutukoy ang Hades at impiyerno sa isang templong marumi na dating pinanirahan na ni Satanas o ng masasamang espiritu. Ibig sabihin, sinumang pinanirahan na noon ni Satanas o ng masasamang espiritu—sila itong Hades at sila itong impiyerno—walang pagkakamali! Ito ang dahilan kung bakit paulit-ulit Ko nang binigyang-diin sa nakaraan na hindi Ako naninirahan sa templong marumi. Maaari bang manirahan Ako (Diyos Mismo) sa Hades, o sa impiyerno? Hindi ba iyon magiging katawa-tawang kalokohan? Sinabi Ko na ito nang maraming beses, pero hindi pa rin ninyo nauunawaan ang ibig Kong sabihin. Kumpara sa impiyerno, mas matinding ginagawang tiwali ni Satanas ang Hades. Yaong para sa Hades ay ang pinakamalalalang kalagayan, at talagang hindi Ko patiunang itinalaga ang mga taong ito; yaong para sa impiyerno ay yaong Aking patiunang itinalaga na, at pagkatapos ay inalis. Sa madaling sabi, hindi Ko hinirang ang kahit isa sa mga taong ito.

Madalas ipinakikita ng mga tao ang kanilang mga sarili bilang mga dalubhasa sa maling pagkaunawa sa Aking mga salita. Kung hindi Ko malinaw na binigyang-diin at nilinaw ang mga bagay-bagay nang paunti-unti, sino sa inyo ang makauunawa? Hindi ninyo lubusang pinaniniwalaan maging ang mga salitang sinasabi Ko, lalo pa kaya ang

mga bagay na hindi pa nabanggit noon. Ngayon, nagsimula na ang mga alitang panloob sa lahat ng bansa: Mga manggagawang nakikipagtalo sa mga pinuno, mga mag-aaral sa mga guro, mga mamamayan sa mga opisyal ng gobyerno, at lahat ng ganitong aktibidad na nagdudulot ng kaguluhan ay unang lumilitaw sa loob ng bawat bansa, at lahat ng ito ay pawang bahagi lang ng serbisyong ibinibigay sa Akin. At bakit Ko sinasabing nagbibigay-serbisyo sa Akin sa pamamagitan ng mga bagay na ito? Nasisiyahan ba Ako sa kasawiang-palad ng mga tao? Nauupo ba Ako, hindi nagbibigay-pansin? Tiyak na hindi! Dahil ito ay si Satanas na nagwawala sa huling paghihingalo nito, at ang layon ng lahat ng bagay na ito ay upang gamitin ang kasalungat bilang isang hambingan para sa Aking kapangyarihan at para sa Aking nakamamanghang mga gawa. Lahat ng ito ay isang malakas na patotoo na nagpapatotoo sa Akin, at isang sandata na pansalakay kay Satanas. Kung kailan pinaglalabanan ng lahat ng bansa ng mundo ang lupa at impluwensiya, Ako at ang Aking mga panganay na anak ay magkakasamang maghahari at hinaharap sila, at lubos na lampas sa kanilang mga imahinasyon na sa ilalim ng ganitong kalunus-lunos na mga kalagayan ng kapaligiran, lubusang isinasakatuparan ang Aking kaharian sa gitna ng tao. Bukod pa rito, kapag nag-aagawan sila sa kapangyarihan at nangangarap na humatol sa iba, hinahatulan sila ng iba at sinusunog sila ng Aking poot—kaawa-awa! Kaawa-awa! Isinasakatuparan ang Aking kaharian sa gitna ng tao—anong maluwalhating kaganapan ito!

Bilang tao (maging mga tao man ng Aking kaharian o mga supling ni Satanas), dapat makita ninyong lahat ang Aking nakamamanghang mga gawa, kung hindi ay hindi Ko kailanman titigilan ang usaping ito. Kahit na handa kang tanggapin ang Aking paghatol, hindi pa rin ito sapat kung hindi mo pa nakita ang Aking nakamamanghang mga gawa. Dapat mapaniwala ang lahat ng tao sa puso, sa salita at sa paningin, at walang palalampasin nang basta-basta. Dapat magbigay-luwalhati sa Akin ang lahat ng tao. Sa katapusan, gagawin Ko maging ang malaking pulang dragon na bumangon at purihin Ako dahil sa Aking tagumpay. Ito ang Aking atas administratibo—matatandaan mo ba ito? Dapat walang katapusang magpuri sa Akin ang lahat ng tao at magbigay-luwalhati sa Akin!

Kabanata 91

Palaging iwiniwika at binibigkas ng Aking Espiritu ang Aking tinig—ilan sa inyo ang makakikilala sa Akin? Bakit dapat Akong magkatawang-tao at pumarito sa inyo? Isa itong malaking hiwaga. Iniisip ninyo Ako at kinasasabikan ninyo Ako buong maghapon, at pinupuri ninyo Ako, tinatamasa Ako, at kinakain at iniinom Ako araw-araw, gayon man hanggang ngayon ay hindi pa rin ninyo Ako nakikilala. Napakamangmang at napakabulag ninyo! Napakababaw ng pagkakilala ninyo sa Akin! Ilan sa inyo ang maaaring magsaalang-alang sa kalooban Ko? Ibig sabihin, ilan sa inyo ang makakikilala

sa Akin? Lahat kayo ay tipong maladiyablo, gayon man ay gusto pa rin ninyong tuparin ang Aking kalooban? Kalimutan ninyo ito! Sinasabi Ko sa iyo, gaano man kaganda ang mga ikinikilos ni Satanas, lahat ito ay ginagawa para gibain ang Aking binubuo at gambalain ang Aking pamamahala. Gaano man kabuti ang mga ikinikilos nito, hindi nagbabago ang diwa nito—nilalabanan Ako nito. Kaya nga, maraming tao ang walang kamalay-malay na pinababagsak ng Aking kamay at walang kamalay-malay na pinalalayas mula sa Aking pamilya. Ngayon, walang anumang bagay (malaki man o maliit) ang pinangangasiwaan ng tao; lahat ay nasa Aking mga kamay. Kung sinasabi ninuman na lahat ng bagay ay nasa ilalim ng kontrol ng tao, kung gayon ay sinasabi Ko na nilalabanan mo Ako, at tiyak na kakastiguhin Kita nang matindi at iiwan ka na walang mapagpapahingahan ng ulo mo magpakailanman. Sa lahat ng nangyayari at bagay-bagay, ano ang hindi nahahawakan sa loob ng Aking mga kamay? Ano ang hindi Ko itinakda, o pinagpasyahan? At nagsasalita ka pa rin tungkol sa pagkakilala sa Akin! Maladiyablong salita ang mga ito. Nakapandaya ka ng iba kaya iniisip mo na madaraya mo rin Ako? Iniisip mo na kung walang sinuman ang makaaalam ng tungkol sa ginawa mo, walang maibubunga ito? Huwag mong isiping mapagagaan ang iyong parusa! Dapat kitang paluhurin sa Aking harapan at pagsalitaan. Hindi katanggap-tanggap ang hindi magsalita; ito ang Aking atas administratibo!

Talaga bang nauunawaan ninyo kung sino ang Aking Espiritu, at kung sino Ako na nagkatawang-tao? Ano ang kabuluhan ng Aking pagkakatawang-tao? Sino sa inyo ang maingat na napagnilayan ang malaking usaping ito at tumanggap ng ilang pahayag mula sa Akin? Nilililang ninyong lahat ang inyong mga sarili! Bakit Ko sinasabi na ikaw ang supling ng malaking pulang dragon? Ngayon, ibinubunyag Ko sa inyo ang hiwaga ng Aking pagkakatawang-tao, isang hiwaga na hindi malutas ng tao mula pa noong paglikha sa mundo, na nagdala ng napakaraming pupuntiryahing sirain ng Aking pagkamuhi. At gayon din ito ngayon. Dahil sa Aking katawang-tao, nagawa nang ganap ang marami sa Aking minamahal. Ano ang mismong dahilan kung bakit dapat Akong magkatawang-tao? At bakit Ako nagpapakita sa ganitong anyo (sa lahat ng bagay, gaya ng Aking taas, hitsura, tayog, atbp.)? Sino ang may masasabi tungkol diyan? Napakamakabuluhan ng Aking pagkakatawang-tao na hindi basta masasabi ang lahat ng tungkol dito. Sasabihin Ko sa inyo ngayon ang isang bahagi lamang nito (dahil ang mga hakbang ng Aking gawain ay nakarating na hanggang dito, dapat Kong gawin ito at sabihin ito): Pangunahing nakatuon ang Aking pagkakatawang-tao sa Aking mga panganay na anak, upang mapastol Ko sila at upang makausap nila Ako at makapagsalita sila nang harap-harapan sa Akin; ipinapakita pa nito na Ako at ang Aking mga panganay na anak ay matalik sa isa't isa (ibig sabihin na magkakasama kaming kumakain, nananatiling magkakasama, magkakasamang namumuhay, at magkakasamang kumikilos), upang sila ay mapakain Ko sa realidad—hindi ito mga walang lamang salita kundi realidad. Noon, naniwala ang mga tao sa Akin pero hindi nila maunawaan ang realidad, at ito ay dahil sa hindi pa Ako nagkatawang-tao. Ngayon, ang Aking pagkakatawang-tao

ay nagpapaunawa sa inyong lahat ng realidad at nagpapakilala sa mga taimtim na nagmamahal sa Akin kung sino Ako—ang marunong na Diyos Mismo—sa pamamagitan ng Aking pananalita at pagkilos at mga prinsipyo sa likod ng pamamaraan ng pangangasiwa Ko ng mga bagay-bagay. Nagbibigay-daan din ito sa mga hindi taos-pusong naghahanap sa Akin na makita sa Aking mga di-nahahatang pagkilos, ang aspeto Ko na Aking pagkatao at dahil doon ay nilalabanan Ako, at pagkatapos ay namamatay na “walang anumang dahilan,” dahil sila ay pinababagsak Ko. Sa pagpapahiya kay Satanas, ang pagkakatawang-tao ang pinakamalakas na patotoo para sa Akin; hindi Ko lamang nakakayang lumabas mula sa katawang-tao pero makakapamuhay din Ako sa loob ng katawang-tao. Hindi Ako nalilimitahan ng espasyo o ng lugar; para sa Akin, walang anumang mga sagabal at lahat ay maayos na dumadaloy. Dito pinakanapapahiya si Satanas, at kapag lumalabas Ako mula sa katawang-tao, gumagawa pa rin Ako sa Aking katawang-tao, at hindi Ako naaapektuhan sa anumang paraan. Humahakbang pa rin Ako sa kabundukan, mga ilog, mga lawa, at sa bawat sulok ng sansinukob, at gayundin sa hindi mabilang na bagay na narito. Nagkatawang-tao na Ako upang ibunyag ang lahat na isinilang sa Akin pero nagsibangon para lumaban sa Akin. Kung hindi Ako naging tao, hindi magkakaroon ng paraan para ibunyag sila (na tumutukoy sa mga kumikilos sa isang paraan sa Aking harapan at iba sa Aking likuran). Kung nanatili Ako bilang Espiritu, sasambahin Ako ng mga tao sa kanilang mga kuru-kuro, at iisipin na Ako ay walang-anyo at di-maaabot na Diyos. Ang pagkakatawang-tao Ko ngayon ay medyo kabaligtaran ng mga kuru-kuro ng mga tao (kung pag-uusapan ang Aking taas at anyo), dahil mukha Siyang pangkaraniwan at hindi kataasan. Itong puntong ito ang pinakanagpapahiya kay Satanas at ang pinakamakapangyarihang pangontra sa mga kuru-kuro ng mga tao (paglapastangan ni Satanas). Kung ang Aking anyo ay naiiba sa lahat ng iba pa, magiging mahirap iyan—lahat ay pupunta upang sumamba sa Akin at uunawain Ako sa pamamagitan ng kanilang mga sariling kuru-kuro, at hindi sila makapagpapatotoo nang maganda para sa Akin. Kaya ginamit Ko ang larawan na mayroon Ako ngayon, at hindi ito mahirap maunawaan sa anumang paraan. Any lahat ay dapat na lumabas mula sa mga kuru-kuro ng mga tao at hindi madaya ng mga tusong pakana ni Satanas. Sa hinaharap sasabihin Ko sa inyo nang isa-isa ang higit pa, nang naaayon sa pangangailangan ng Aking gawain.

Ngayon, naging matagumpay ang Aking proyekto at naisakatuparan ang Aking plano. Nakakuha Ako ng isang pangkat ng mga tao na nakikipagtulungan sa Akin na may iisa at pinag-isang isip. Ito ang pinakamaluwalhating panahon para sa Akin. Ang Aking mga minamahal na anak (lahat ng nagmamahal sa Akin) na kayang maging kaisa Ko sa puso at isip sa pagtapos, nang kasama Ako, sa lahat ng bagay na kailangan Kong gawin. Isa itongkamangha-manghang bagay. Pagkatapos ng araw na ito, ang mga hindi Ko kinasisiyahan ay hindi magkakaroon ng gawain ng Banal na Espiritu. Ibig sabihin ay itatapon Ko ang mga hindi umaayon sa kung ano ang sinabi Ko noon. Dapat na ganap

na umayon ang mga tao sa kung ano ang sinasabi Ko. Tandaan ito! Dapat kang ganap na umayon. Huwag magkamali ng pag-unawa; ang lahat ay nakasalalay sa Akin. Mga tao, huwag Akong bigyan ng mga kondisyon. Kung sinasabi Ko na nararapat ka, nakataga iyon sa bato; kung sinasabi Ko na hindi ka nararapat, huwag magmukhang nasasaktan at sisihin ang Langit at lupa. Lahat ng iyan ay Aking pagsasaayos. Sino ang nagsabing dapat mong lapastanganin ang iyong sarili? Sino ang nagsabing dapat mong gawin ang ganyang nakahihyang kahangalan? Kahit wala kang sabihin, hindi mo maitatago ang katotohanan sa Akin. Para kanino ang Aking mga salita kapag sinasabi Ko na Ako ang Diyos Mismo na sumusuri sa pinakaloob-looban ng puso ng tao? Sinasabi Ko ito sa mga di-tapat. Ang paggawa ng ganyang uri ng bagay sa Aking likuran ay labis na kawalang kahihyan! Nais ba ninyong linlangin Ako? Hindi iyon ganyan kadali! Ngayon din ay magsilayas kayo dito! Anak ng paghihimagsik! Hindi mo minamahal ang iyong sarili at hindi mo iginagalang ang iyong sarili! Hindi mo inaalagaan ang iyong sarili, pero nais mo pa rin na ikaw ay mahal in Ko? Kalimutan ito! Hindi Ko nais ang kahit isa sa mga kahabag-habag na tulad nito. Lumayo kayong lahat sa Akin! Nagdadala ito ng pinakamalubhang kahihyan sa Aking pangalan; hindi maaari na hindi ninyo ito nakikita nang malinaw. Dapat na ingatan ninyo ang inyong mga sarili na mabahiran ng anumang dumi sa masama at mahalay na lumang kapanahunang ito; dapat na kayo ay maging ganap na banal at walang bahid. Ngayon, ang mga karapat-dapat para mamuno bilang mga haring kasama Ko ay ang mga hindi nabahiran ng anumang dumi, dahil sa Ako ang banal na Diyos Mismo, at hindi Ko nais na may sinuman na magbibigay ng kahihyan ang Aking pangalan. Ang mga ganyang tao ay ipinadala ni Satanas para subukin Ako at lahat sila, sa buong katotohanan, ay mga alagad ni Satanas na dapat magapi (ihinahagis sa walang-hanggang hukay).

Banal at walang dungis ang Aking pamilya, at ang Aking templo ay kamanghamangha at maharlika (ibig sabihin ay ang mga nagtataglay ng kung ano Ako at kung ano ang mayroon Ako). Sino ang nangangahas na pumasok at basta-basta na lamang magdulot ng kaguluhan? Tiyak na hindi Ko sila patatawarin. Lubusan silang mawawasak at ipahihiya nang matindi. Kumikilos Ako nang may karunungan. Nang walang espada, walang baril, at hindi nag-aangat ng daliri, lubusan Kong tatalunin ang mga lumalaban sa Akin at nagpapahiya sa Aking pangalan. Mapagbigay Ako, at sa di-nagbabagong bilis, ipinagpapatuloy Ko ang Aking gawain bagaman lumilikha si Satanas ng paggambala hanggang sa puntong iyon; hindi Ko ito pinapansin at tatalunin Ko ito sa kaganapan ng Aking plano ng pamamahala. Ito ang Aking kapangyarihan at ang Aking karunungan, at higit pa ryan ay isang maliit na bahagi ito ng Aking walang katapusang kaluwalhatian. Sa Aking paningin, ang mga lumalaban sa Akin ay gaya ng mga surot na gumagapang sa alabok at madudurog Ko sa ilalim ng Aking paa, ayon sa layunin Ko, anumang oras. Gayunpaman, ginagawa Ko ang mga bagay-bagay nang may karunungan. Nais Ko na ang Aking mga panganay na anak ang mag-asikaso sa mga ito; hindi Ako nagmamadali. Kumikilos Ako na may sistema, sa isang maayos na

paraan, at tiyak na walang kahit pinakamaliit na pagkakamali. Ang mga panganay na anak na iyon na isinilang sa Akin ay dapat magtaglay ng kung ano Ako, at makayang makita ang Aking walang katapusang karunungan sa Aking mga gawa!

Kabanata 92

Makikita ng bawat tao ang Aking walang hanggang kapangyarihan at Aking karunungan sa Aking mga salita at Aking mga kilos. Saanman Ako pumupunta, naroon ang Aking gawain. Ang Aking mga yapak ay hindi lamang nasa Tsina; ang mas mahalaga ay nasa lahat ng bansa ng mundo ang mga ito. Gayunman, ang unang tumatanggap ng pangalang ito ay yaon lamang pitong bansang naunang tinalakay, dahil ito ang pagkakasunud-sunod ng Aking gawain; sa nalalapit na hinaharap, malilinawan kayo nang husto tungkol dito, at lubusan itong mauunawaan. Kung sasabihin Ko sa inyo ngayon, nangangamba Ako na babagsak ang karamihan dahil dito, sapagkat nasabi Ko na dati na nangungusap Ako sa inyo at bumibigkas ng Aking tinig sa inyo alinsunod sa inyong tayog, at sa loob ng lahat ng ginagawa Ko ay naroon ang Aking walang-katapusang karunungan, na walang sinumang makakaarok; ang tanging paraan ay sabihin Ko ito sa inyo nang paunti-unti. Alamin ito! Kayo ay mga bata sa Aking paningin magpakailanman; sa bawat hakbang ninyo, kailangan Ko kayong akayin at pagbilinan. Mga tao—sa ilalim lamang ng Aking patnubay kayo maaaring mamuhay habambuhay; kung wala ito, walang sinumang magagawang patuloy na mabuhay. Nasa Aking mga kamay ang buong sansinukob na mundo, subalit hindi mo Ako nakikitang abalang-abala. Bagkus, panatag Ako at masaya. Hindi alam ng mga tao ang Aking walang hanggang kapangyarihan, at mababahala para sa Akin—napakaliit ng pagkakilala ninyo sa inyong sarili! Ipinagpaparangalan pa rin ninyo ang inyong maliliit na bagay na walang halaga sa Aking harapan, hinahangaan ang inyong sarili! Matagal Ko nang nakita ito. At gumagawa kayo ng mga kalokohan sa Aking harapan, kayong mga kasuklam-suklam na ubod ng sama! Lumayas kayo sa Aking sambahayan ngayon din! Ayaw Ko sa mga ubod ng sama na kagaya ninyo. Mas gusto Ko pang walang sinuman sa Aking kaharian kaysa sa uri ninyo—mga kasuklam-suklam na ubod ng sama! Alam mo ba na tumigil na Ako sa paggawa sa iyo, sa kabila ng katotohanan na kumakain at nagdaramit ka pa rin na katulad ng dati? Ngunit nalaman mo ba na nabubuhay ka para kay Satanas at na nagbibigay serbisyo ka kay Satanas? Subalit may gana ka pa ring tumayo sa Aking harapan! Talagang napakawalanghiya mo!

Noong araw, sinabi Ko nang madalas, “Malapit nang dumating ang malalaking sakuna; sumapit na ang malalaking sakuna mula sa Aking mga kamay.” Ano ang tinutukoy ng “malalaking sakuna,” at paano dapat ipaliwanag ang “pagsapit” na ito? Iniisip ninyo na ang mga malalaking sakuna ay tumutukoy sa mga di-maiiwasang mga sakuna na nakakasakit sa espiritu, kaluluwa at katawan ng tao, at iniisip ninyo na ang

“mga lindol, taggutom at salot” na binabanggit Ko ay ang malalaking sakuna na ito. Ngunit hindi ninyo alam na mali ang pagkaunawa ninyo sa Aking mga salita. At iniisip ninyo na ang “pagsapit” na ito ay nangangahulugan na nagsimula na ang malalaking sakuna—nakakatawa! Ganito nga ang pagkaunawa ninyo rito, at nang marinig Ko ang inyong mga paliwanag, talagang nagalit Ako. Ang hiwagang hindi naihayag ng mga tao (na siyang pinakalihim na hiwaga) ay yaon ding naging pinakamalubhang maling pagkaunawa sa lahat ng kapanahunan, at ito ay isang hiwagang hindi pa personal na naranasan ninuman (dahil nagkaroon lamang ito ng epekto sa mga huling araw, at sa huling kapanahunan lamang ito makikita ng tao, bagama’t hindi nila ito mapapansin), dahil isinasara Ko ito nang napakahigpit, kaya hindi ito mapapasok ng tao (ni hindi makikita ang pinakamaliit na bahagi nito). Ngayong naisagawa na ang Aking gawain sa yugtong ito, nililiwanagan Ko kayo alinsunod sa mga pangangailangan ng Aking gawain; kung hindi, walang paraan ang mga tao para makaunawa. Ngayon ay nagsisimula na Akong magbahagi; dapat makinig ang lahat, sapagkat sinuman ang hindi maingat, pati na ang Aking mga panganay na anak, ay daranas ng Aking paghatol, at sa pinakamatitinding sitwasyon, pababagsakin sila ng Aking kamay (na ibig sabihin ay kukunin ang kanilang espiritu, kaluluwa, at katawan). Binabanggit ang malalaking sakuna na kaugnay ng bawat isa sa mga atas administratibo ng Aking kaharian, at bawat isa ng Aking mga atas administratibo ay isang bahagi ng malalaking sakuna. (Ang Aking mga atas administratibo ay hindi pa lubusang naisiwalat sa inyo, ngunit huwag kayong mag-alala o mabalisa tungkol dito; mayroong ilang bagay na maghahatid sa inyo ng kaunting pakinabang kung sakaling malaman ninyo ang mga ito nang napakaaga. Tandaan ito! Ako ay isang matalinong Diyos.) Kaya, ano ang isa pang bahagi? Ang malalaking sakuna ay may dalawang bahagi: ang Aking mga atas administratibo, at ang Aking poot. Ang panahon na sumasapit ang malalaking sakuna ang panahon din na nagsisimula Akong magliyak sa galit at magpatupad ng Aking mga atas administratibo. Dito, sinasabi Ko sa Aking mga panganay na anak: Dapat ay hindi kayo magpakasama dahil dito. Nalimutan mo na ba na Ako ang paunang nagtatalaga ng lahat ng bagay at lahat ng usapin? Anak Ko, huwag kang matakot! Siguradong poprotektahan kita; magtatamasa ka ng mabubuting pagpapala kasama Ko magpakailanman, at makakasama Ko nang walang hanggan. Dahil ikaw ang mahal Ko, hindi kita pababayaan. Wala Akong ginagawang kahangalan, subalit kung giniba Ko ang isang bagay na pinaghirapang tapusin, hindi ba mawawala ang pagkakataon Kong magtagumpay? Alam Ko kung ano ang iniisip mo sa puso mo. Naaalala mo na ba ito? Ano pa ang gusto mong sabihin Ko? Marami pa Akong sasabihin tungkol sa malalaking sakuna. Pagdating ng malalaking sakuna, ito ang magiging pinakanakakatakot na sandali, at ihahayag ng mga ito ang kapangitan ng tao nang pinakamatindi. Lahat ng uri ng pagmumukha ng demonyo ay ilalantad sa liwanag ng Aking mukha, at walang pagtataguan ang mga ito, walang makukublihan; lubos silang malalantad. Ang epekto ng malalaking sakuna ay para lumuhod sa Aking harapan ang lahat ng hindi Ko hinirang o itinalaga noon pa man at

humingi ng kapatawaran, nang may pagtangis at pagngangalit ng mga ngipin. Ito ang Aking paghatol kay Satanas, ang Aking mabagsik na paghatol. Kasalukuyan Akong abala sa gawaing ito, at may ilan, marahil, na nais magkunwaring karapat-dapat at mambola para makalusot; habang lalo nilang ginagawa ito, lalong makagagawa si Satanas sa kanila, hanggang sa dumating ang oras na mahayag na ang kanilang orihinal na anyo.

Hindi Ako nagmamadaling gawin ang Aking gawain, at Ako Mismo ang nagsasaayos sa bawat tao (panunuya ito sa kanila, na nagpapatunay na sila ay mga inapo ng malaking pulang dragon, at hindi Ko sila pinapansin, kaya hindi kalabisang gamitin ang salitang “nagsasaayos”), at ginagawa Ko Mismo ang bawat gawa. Lahat ay nagtatagumpay sa Akin, at ito ay isang ligtas at siguradong tagumpay; lahat ng ginagawa Ko ay planado na, sa paisa-isang hakbang. Sinasabi Ko sa inyo ang Aking kalooban at Aking pasanin nang paunti-unti. Mula sa puntong ito, nagsisimulang lumitaw ang Aking mga salita sa lahat ng bansa at lahat ng tao. Dahil nagawa nang ganap ang Aking panganay na mga anak (nakatuon ang Aking mga salita sa Aking mga anak at Aking mga tao), nagsimula nang magbagong muli ang paraan ng Aking paggawa. Malinaw ba ninyo itong nakikita? Nadama na ba ninyo ang tono ng Aking mga salita nitong nakalipas na ilang araw? Inaaliw Ko ang Aking panganay na mga anak sa bawat hakbang ng daan, ngunit simula ngayon (dahil nagawa nang ganap ang Aking panganay na mga anak), may dala Akong patalim sa Aking kamay (ang ibig sabihin ng “patalim” ay “pinakamababagsik na salita”). Sinumang sumandali Kong itinuturing na hindi kaaya-aya (tumutukoy ito sa mga hindi itinalaga noon pa man o hinirang, at samakatuwid ay walang kontradiksyon), wala Akong pakialam kung gumagawa sila ng serbisyo para sa Akin, o kung iba pa sila; agad Ko silang pipira-pirasuhin. Ako ang Diyos na makapangyarihan sa lahat, at kaya Kong pagserbisuhin sa Akin ang lahat ng tao. Hindi Ako nag-aatubili man lamang na humiwalay sa gayong mga tao; kung sabihin Kong ayaw Ko sa kanila, ayaw Ko sa kanila. Ngayong dumating na ang panahong ito, kailangan Ko lamang makita ang isang taong hindi nakalulugod sa Akin at agad Ko silang itatapon, nang walang pagsisiyasat, sapagkat Ako ang Diyos na tumutupad sa Kanyang salita. Sa mga paunang naitalaga Kong magserbisyo sa Akin—gaano ka man kagaling, may nagawa ka mang anuman na labag sa Akin, kung hindi Ako nalulugod sa iyo, patatalsikin kita. Wala Akong kinatatakutang gulo sa hinaharap. Mayroon Akong mga atas administratibo, ginagawa Ko ang Aking sinasabi, at matutupad ang Aking salita. Hahayaan Ko bang manatili si Satanas? Pakinggan ninyo Ako, kayong mga tao! Hindi ninyo kailangang matakot; dapat lumabas ka tuwing pinalalabas kita. Huwag kang magdahilan sa Akin; wala Akong mga salitang sasabihin sa iyo! Sapagkat nagpasensya na Ako nang husto, at dumating na ang panahon para ipatupad ang Aking mga atas administratibo, at narito na rin ang inyong huling araw. Sa loob nang libu-libong taon, nagpakasama kayo at gumawa ng mga bagay-bagay sa paraang laging may kasutilan at pananadya, ngunit lagi Akong naging mapagparaya (dahil Ako ay mapagbigay at pinapayagan Ko ang iyong katiwalian

kahit paano). Ngunit ngayon, tapos na ang Aking kaluwagan, at dumating na ang panahon para angkinin kayo at itapon sa lawa ng apoy at asupre. Magmadali at umalis kayo sa daanan. Pormal Kong sinisimulang ipatupad ang Aking paghatol, at sinisimulan Kong pakawalan ang Aking poot.

Sa lahat ng bansa at sa lahat ng lugar sa mundo, madalas magkaroon ng mga lindol, taggutom, salot, at lahat ng uri ng sakuna. Habang ginagawa Ko ang Aking dakilang gawain sa lahat ng bansa at sa lahat ng lugar, darating ang mga sakuna na ito nang mas matindi kaysa alinmang panahon mula nang likhain ang mundo. Ito ang simula ng Aking paghatol sa lahat ng tao, ngunit makakahinga nang maluwag ang Aking mga anak; walang sakuna na sasapit sa inyo, at poprotektahan Ko kayo. (Ang ibig sabihin nito ay na mabubuhay kayo sa katawan pagkatapos nito, ngunit hindi sa laman, kaya hindi kayo daranas ng pasakit ng anumang sakuna.) Kasama Ko, mamumuno lamang kayo bilang mga hari at hahatulan ang lahat ng bansa at lahat ng tao, na tinatamasa ang mabubuting pagpapala kasama Ko magpakailanman sa sansinukob at sa mga dulo ng daigdig. Ang mga salitang ito ay matutupad na lahat, at malapit nang makamtan ang mga ito sa harap ng mga mata ninyo mismo. Hindi Ako nagpapaliban ni isang oras o isang araw; ginagawa Ko ang mga bagay-bagay nang napakabilis. Huwag kang mag-alala o mabalisa; ang pagpapalang ibinibigay Ko sa iyo ay isang bagay na walang sinumang makakaagaw sa iyo—ito ang Aking atas administratibo. Lahat ng tao ay magiging masunurin sa Akin dahil sa Aking mga gawa; walang tigil silang magbubunyi, at bukod pa riyan ay walang tigil silang magtatatalon sa galak.

Kabanata 93

Isinasakatuparan ang realidad sa harap ng isang tao at naisakatuparan na ang bawat isang bagay; bumibilis ang takbo ng Aking gawain, pumapailanlang na parang sinindihang kuwitis. Hindi ito kailanman inasahan ninuman. Mauunawaan ninyo ang totoong kahulugan ng Aking mga salita pagkalipas lamang ng mga bagay-bagay. Kabilang dito ang mga supling ng malaking pulang dragon, at dapat nilang masaksihan sa sarili nilang mga mata ang Aking mga kamangha-manghang gawa. Huwag isiping hindi Kita itatakwil, ngayong nakatitiyak ka tungkol sa Akin matapos makita ang Aking mga gawa—hindi ito ganoon kasimple! Tiyak na tutuparin Ko ang mga salitang binigkas Ko at ang mga pangyayaring napagpasyahan Ko, at hindi babalik sa Akin ang mga ito nang walang bisa. Sa China, bukod sa iilang panganay Kong anak, mayroong iilan na Aking mga tao. Kaya ngayon, maliwanag Kong sinasabi sa inyo (na supling ng malaking pulang dragon, na umusig sa Akin nang pinakamatindi) na hindi kayo dapat panghawakan ang anumang malalaking pag-asa, at na ang pinagtutuunan ng Aking gawain (simula sa paglikha ng mundo) ay sa mga panganay Kong anak at ang ilang bansa sa labas ng China. Dahil dito, kapag lumaki na ang mga panganay Kong anak,

matutupad ang Aking kalooban. (Kapag lumaki na ang mga panganay Kong anak, magagawa ang lahat ng bagay, dahil ibinibigay sa kanila ang gawaing paparating.) Pinapayagan Ko na ngayon ang mga taong ito na makita ang isang bahagi ng Aking mga kamangha-manghang gawa upang maipahiya lamang ang malaking pulang dragon. Hindi basta nasisiyahan ang mga taong ito sa ganoong bagay kundi matutuwa lamang sila kapag na nakapaglilingkod sila sa Akin. At wala silang mapagpipilian, sapagkat mayroon Akong mga atas administratibo at walang sinumang nangangahas na lumabag sa mga ito.

Ibabahagi ko ngayon ang tungkol sa ilang pangyayaring sangkot ang pagdating ng mga banyaga, upang magkaroon kayo ng paunang kaalaman, wastong maihanda ang lahat upang sumaksi sa Aking pangalan, at tumindig sa taas nila at pamunuan sila. (Sinasabi Kong “tumindig sa taas nila at pamunuan sila” dahil ang pinakadakila sa kanila ay ang pinakamababa pa rin sa inyo.) Nakamtan ng lahat ng taong ito ang pagbubunyag ng Banal na Espiritu, at sa hinaharap, lahat sila’y magsisiksikan sa China, na tila nauna nang naisaayos. Magugulantang ang malaking pulang dragon at lubos na pipiliting lumaban, ngunit tandaan ang isang bagay! Ganap nang natupad ang Aking plano ng pamamahala, at walang anuman at sinuman ang nangangahas na hadlangan ang Aking mga hakbang. Binibigyan Ko sila ng pagbubunyag sa lahat ng panahon, at kumikilos sila sa pamamagitan ng pagsunod sa gabay ng Banal na Espiritu. Tiyak na hindi sila magdurusa sa mga gapos ng malaking pulang dragon, sapagkat sa Akin, lahat ay mapapakawalan at lalaya. Angkop Kong naisaayos ang lahat ng bagay, naghihintay sa inyo na gawin ang gawain ng paghahanda upang magpastol sa kanila. Palagi Ko itong sinasabi sa inyo, ngunit hindi ganap nananiniwala ang karamihan sa inyo. Paano naman ngayon? Hindi kayo makapagsalita, hindi ba?

Pumapangalawa ang lahat ng bagay na ito; ang pangunahing bagay ay ang magawa ninyo ang lahat ng gawain ng paghahanda sa lalong madaling panahon. Huwag mabahala. Ang Siyang gumagawa ng gawain ay Ako at, sa pagdating ng panahon, Ako Mismo ang gagawa ng Aking gawain. Dinurog Ko nang pira-piraso ang malaking pulang dragon. Ang ibig sabihin, nilisanng Aking Espiritu ang lahat ng tao, maliban sa mga panganay Kong anak (at mas madali na ngayong maibunyag kung sino ang mga supling ng malaking pulang dragon). Tapos nang maglingkod sa Akin ang mga taong ito, at pababalikin Ko sila sa walang hanggang hukay. (Nangangahulugan itong wala Akong gagamitin sa kanila. Simula ngayon, ganap na mabubunyag ang mga panganay Kong anak, at iyong mga nasa tabi Ko at siyang angkop na kasangkapanin Ko ang magiging mga panganay Kong anak.) Mga panganay Kong anak, opisyal ninyong natatamasa ang mga pagpapalang ipinagkakaloob Ko sa inyo (dahil nagpakita na ng totoo nilang kulay ang lahat ng Aking kinasusuklanan), at magmula ngayon ay walang sinuman sa inyo ang susuway sa Akin. Kayo ay taos at isandaang porsiyentong nakatitiyak sa Akin. (Ngayon lamang ito ganap na naisakatuparan, at itinadhana Ko ang panahong ito.) Lahat ng inyong isinasapuso at isinasaisip ay walang hanggang pag-ibig at pagpipitagan

para sa Akin, at sa lahat ng oras ay pinupuri ninyo Ako at niluluwalhati ninyo Ako. Tunay kayong nabubuhay sa lilim ng pagkalinga at pagtatanggol ng Aking pag-ibig sa ikatlong langit. Anong walang kapantay na ligaya at saya! Iba itong dako, isang dako na mahirap ilarawan sa isip ng mga tao—ang tunay at espirituwal na daigdig!

Sunod-sunod ang pagsapit ng lahat ng sakuna, ang bawat isa ay mas matindi kaysa nauna, at nagiging mas nakababalisa ang kalagayan sa bawat araw. Simula pa lamang ito ng mga sakuna; hindi mailalarawan sa isip ng tao ang mga paparating na mas matitinding sakuna. Hayaang lutasin ang mga ito ng Aking mga anak; ito ang Aking atas administratibo, at matagal Ko na itong isinaayos. Lahat ng mga tanda at kababalaghang hindi pa nakikita kailanman ng tao ay nagmumula sa Akin, lumilitaw nang sunod-sunod sa lahat ng tao (ibig sabihin, lahat ng tao ng Aking kaharian). Ngunit isang bagay itong mangyayari sa malapit na hinaharap. Huwag mag-alala. Itong pagpasok sa kaharian na pinatungkulan ng lahat—ano ang kalagayan sa pagpasok sa kaharian? At ano ang kaharian? Ito ba ay isang pisikal na lungsod? Mali ang inyong pagkaunawa. Wala sa daigdig ang kaharian, ni sa pisikal na himpapawid, kundi sa espirituwal na daigdig na hindi makikita o mahihipo ng tao. Tanging iyong mga nagawa Kong ganap sa kabuuan at nagtatamasa ng Aking mga pagpapala pagkatapos tanggapin ang Aking pangalan ang makapasok dito. Ang espirituwal na daigdig na madalas na nababanggit noon ay ang ibabaw ng kaharian. Subalit ang tunay na makapasok sa kaharian ay hindi madaling bagay. Iyong mga pumapasok dito ay dapat makamtan ang Aking pangako at dapat mga taong naitakda at napili Ko mismo. Samakatuwid, ang espirituwal na daigdig ay hindi isang lugar kung saan maaaring pumunta at umalis ng mga tao ayon sa kanilang kagustuhan. Ang pagkakaunawa dito noon ng mga tao ay napakababaw, at binubuo lamang ng mga kuru-kuro ng tao. Iyong mga makapapasok sa kaharian lamang ang makatatamasa ng mga pagpapala, kaya hindi lang sa hindi matatamasa ng tao ang mga pagpapalang ito, ngunit higit pa roon, hindi niya makikita ang mga ito. Ito ang pinakahuli Kong atas administratibo.

Kabanata 94

Babalik Ako sa Sion kasama ang Aking mga panganay na anak—talaga bang nauunawaan ninyo ang tunay na kahulugan ng mga salitang ito? Tulad ng paulit-ulit Kong ipinapaalala sa inyo, gusto Kong mabilis kayong umunlad at mamunong kasama Ko. Naaalala ba ninyo? Ang mga bagay na ito ay direktang may kaugnayan sa Aking pagkakatawang-tao: Mula sa Sion ay pumarito Ako sa daigdig sa katawang-tao, upang magkamit sa pamamagitan ng katawang-tao ng isang grupo ng mga tao na kaisa sa isip Ko, at pagkatapos na gawin ito ay babalik Ako sa Sion. Ibig sabihin nito ay kailangan pa rin nating magbalik mula sa katawang-tao tungo sa orihinal na katawan. Ito ang totoong kahulugan ng “pagbalik sa Sion.” Ito rin ang totoong kahulugan at pinagtutuunan ng

Aking buong plano ng pamamahala, at higit pa rito, ito ang pinakamahalagang bahagi ng Aking plano ng pamamahala, na hindi mahahadlangan ninuman, at kaagad na makakamit. Kapag nasa laman, hindi kailanman mawawala sa inyo ang mga kuru-kuro at kaisipan ng tao, at lalong hindi ninyo iwawaksi ang makalupang hangin o ipapagpag ang alikabok, at palagi na lamang kayong magiging luwad; kapag nasa katawan lamang kayo magiging marapat na magtamasa ng mga pagpapala. Ano ang mga pagpapala? Natatandaan ba ninyo? Hindi maaaring magkaroon ng konsiderasyon sa mga pagpapala sa laman, kaya dapat sundan ng bawat panganay na anak ang landas mula sa laman tungo sa katawan. Pinagmamalupitan at inuusig kayo sa laman ng malaking pulang dragon (ito ay dahil sa wala kayong kapangyarihan at wala kayong nakamit na kaluwalhatian), ngunit sa katawan ay magiging totoong ibang-iba, at makapagmamalaki kayo at magiging galak na galak. Ang mga araw ng pagpapahirap ay mawawala nang tuluyan at habang-panahon kayong pakakawalan at palalayain. Ito lamang ang paraan para maidagdag Ko kung ano Ako at kung anong mayroon Ako sa inyo. Kung hindi, ang tataglayin lamang ninyo ay ang mga katangian Ko. Kahit paano pa gayahin ng isang tao ang panlabas na anyo ng isa pang tao, hindi sila maaaring maging parehong-pareho. Tanging sa banal na espirituwal na katawan (ibig sabihin sa katawan) tayo maaaring maging parehong-pareho (na tumutukoy sa pagkakaroon ng parehong mga katangian, parehong pagkatao, parehong mga pag-aari, at makakayang maging isa sa isipan, nagkakaisa, hindi nahahati, at hindi nababaha-bahagi, sapagkat ang lahat ay ang banal na espirituwal na katawan.)

Bakit nagsisimula kayo ngayong mapoot sa daigdig, at masuklam sa pagkain, pananamit, at sa lahat ng uri ng bagay na nakakairita, at higit pa rito ay hindi makapaghintay na itakwil ang mga ito? Ito ang palatandaan na kayo ay papasok sa espirituwal na daigdig (ang katawan). Kayong lahat ay may mga premonisyon tungkol dito (bagamat hindi lahat ay sa parehong antas). Gagamitin Ko ang iba't ibang uri ng tao, iba't ibang kaganapan, at iba't ibang bagay, ang lahat ng ito ay para maisagawa ang Aking pinakamahalagang hakbang, at ang lahat ng ito ay magbibigay ng serbisyo para sa Akin. Kailangan Kong gawin ito. (Siyempre, hindi Ko ito maisasakatuparan sa katawang-tao, at tanging ang Aking Espiritu Mismo ang makagagawa ng gawaing ito, sapagkat hindi pa dumarating ang tamang panahon.) Ito ang huling kapisasong tungkulin na ginagampanan ng buong mundo ng sansinukob. Pupurihin Ako ng lahat at ipagbubunyi Ako. Kumpleto na ang Aking dakilang gawain. Bumubuhos mula sa Aking kamay ang pitong mangkok ng mga salot, dumadagundong ang pitong kulog, tumutunog ang pitong trumpeta, at nabubuksan ang pitong tatak—sa mundo ng sansinukob, sa lahat ng bansa at sa lahat ng tao, at sa mga bundok, sa mga ilog, at sa lahat ng bagay. Ano ang pitong mangkok ng mga salot? Ano ang mismong inaasinta ng mga ito? Bakit Ko sinasabing ibubuhos ang mga ito mula sa Aking kamay? Lilipas ang mahabang panahon bago mahikayat nang lubusan ang lahat, at bago lubusang mauunawaan ng lahat. Kahit na sabihin Ko sa inyo ngayon, maliit na bahagi lamang ang inyong mauunawaan. Ayon sa

imahinasyon ng tao, ang pitong mangkok ng mga salot ay nakatutok sa lahat ng bansa at tao ng daigdig, ngunit ang totoo ay hindi ganito ang sitwasyon. Tumutukoy ang “pitong mangkok ng mga salot” na ito sa impluwensya ng diyablong si Satanas, at sa pakikipagsabwatan ng malaking pulang dragon (ang bagay na ginagamit Ko na maglingkod sa Akin). Pakakawalan Ko sa panahong iyon si Satanas at ang malaking pulang dragon para kastiguhin ang mga anak at ang mga tao, na magbubunyag kung sino ang mga anak at sino ang mga tao. Ang mga nalinlang ay ang mga hindi pakay ng Aking paunang pagtatalaga, samantalang ang Aking panganay na mga anak ay maghaharing kasama Ko sa panahong iyon. Sa pamamagitan nito ay gagawin Kong ganap ang mga anak at ang mga tao. Ang pagbuhos ng pitong mangkok ng mga salot ay hindi makaaapekto sa lahat ng bansa at lahat ng tao, kundi sa Aking mga anak at sa Aking mga tao lamang. Hindi madali ang pagdating ng mga pagpapala; at kailangang mabayaran ang buong halaga. Kapag gumulang na ang mga anak at ang mga tao, lubusang maaalis ang pitong mangkok ng mga salot, at pagkatapos ay hindi na iiral pa. Ano ang “pitong kulog na dumadagundong”? Hindi ito mahirap maunawaan. Sa sandaling ang Aking mga panganay na anak at Ako ay naging ang katawan, dadagundong ang pitong kulog. Yayanigin nito ang buong sansinukob, na parang nabaligtad ang langit at lupa. Malalaman ito ng lahat; wala ni isang hindi makakaalam nito. Sa oras na iyon, ang Aking mga panganay na anak at Ako ay magkakasama sa kaluwalhatian at sisimulan ang susunod na hakbang ng gawain. Maraming tao ang luluhod para sa awa at kapatawaran dahil sa dagundong ng pitong kulog. Ngunit hindi na ito ang Kapanahunan ng Biyaya: Ito ay magiging panahon para sa poot. Tungkol naman sa lahat ng gumagawa ng masama (ang mga nakikipagtalik nang hindi kasal, o nangangasiwa ng maruming pera, o may malabong mga hangganan sa kasalungat na kasarian, o gumagambala o naninira sa Aking pamamahala, o mga taong hindi nakakaunawa ng espirituwal na mga bagay, o sinasaniban ng masasamang espiritu, at marami pang iba—lahat maliban sa Aking hinirang), wala ni isa sa kanila ang palalampasin, ni patatawarin, kundi itatapon ang bawat isa sa kanila sa Hades at mapapahamak magpakailanman! “Ang pitong trumpetang tumutunog” ay hindi tumutukoy sa malawak at masamang kapaligiran, at hindi rin ito tumutukoy sa anumang deklarasyon sa mundo; ang mga ito ay lubos na mga kuru-kuro ng tao. Tinutukoy ng “pitong trumpeta” ang Aking nagngangalit na pagbigkas. Kapag ang Aking tinig (maharlikaang paghatol at nagngangalit na paghatol) ay lumalabas, tumutunog ang pitong trumpeta. (Sa ngayon, sa Aking sambahayan, ito ang pinakamatindi, na hindi matatakan ng sinuman.) At ang lahat ng demonyo sa Hades at impiyerno, malalaki at maliliit, ay magtatakip ng kanilang mga ulo at tatakbo sa lahat ng direksyon, tumatangis at nagngangalit ang kanilang mga ngipin, nahihiya at walang mapagtaguan. Sa sandaling ito, hindi ang pitong trumpeta ang magsisimulang tumunog, kundi ang Aking nagngingitngit na pagkapoot at ang Aking pinakamatinding paghatol, na hindi matatakan ng sinuman, at dapat na danasin ng lahat. Sa panahong ito, ang naibunyag na ay hindi ang mga nilalaman ng pitong tatak. Ang pitong tatak

ay ang mga pagpapalang matatamasa ninyo sa hinaharap. “Ang pagbubukas” ay tumutukoy lamang sa pagpapabatid sa inyo tungkol sa mga ito, ngunit hindi pa ninyo natamasa ang mga pagpapalang ito. Kapag tinatamasa na ninyo ang mga pagpapalang ito, doon ninyo malalaman ang mga nilalaman ng pitong tatak. Ang nararanasan ninyo ngayon ay ang bahagi na hindi pa kumpleto. Masasabi Ko lamang sa inyo ang bawat hakbang habang nagaganap ito sa gawain sa hinaharap, upang personal ninyo itong mararanasan at madama ang walang katulad na kaluwalhatian, at mabubuhay kayo sa kalagayan ng walang hanggang lubos na kaligayahan.

Ang matamasa ang mga pagpapala ng mga panganay na anak ay isang bagay na hindi madali, at hindi rin ito isang bagay na maaaring maisakatuparan ng karaniwang tao. Muli Kong bibigyang-diin at mas may puwersa Kong sasabihin na dapat Akong gumawa ng mahihigpit na hihingiin sa Aking mga panganay na anak. Kung hindi, hindi nila magagawang luwalhatiin ang Aking pangalan. Tahasan Kong tinatanggi ang sinumang hindi kagalang-galang sa mundo, at lalo Kong tinatanggi ang sinumang walang kalinisang-puri. (Wala silang bahagi sa mga tao ng Diyos—ito ay lalo Kong binibigyang-diin.) Huwag isipin na tapos na ang ginawa ninyo noon—paano magkakaroon ng ganoong mabuting bagay! Napakasimple bang makamit ang katayuan ng panganay na anak? Sa katulad na paraan ay tinatanggi Ko ang sinumang laban sa Akin, ang sinumang hindi kumikilala sa Akin sa Aking katawang-tao, ang sinumang nakikialam sa Akin sa paggawa Ko ng Aking kalooban, at sinumang umuusig sa Akin—ganito Ako kalupit (dahil lubusan Ko nang nabawi ang Aking kapangyarihan)! Sa huli, sa katulad na paraan ay tinatanggi Ko ang sinumang hindi nagkaroon ng anumang mga problema sa kanilang buhay. Gusto Ko ang mga tao na tulad Ko ay umahon mula sa kanilang mga kapighatian, kahit na mumunting kapighatian ang mga ito. Kung hindi, sila ang uri na palalayasin Ko. Huwag maging walang kahihiyan, na gustong maging Aking panganay na anak, ipinaparada ang inyong sarili sa Aking harapan. Layuan ninyo Ako, ngayon din! Nasabi na ninyo dati sa Akin ang maliliit na bagay, naghahangad na kalugdan Ko kayo! Ito ay pagkabulag! Hindi mo ba alam na napopoot Ako sa iyo, ikaw na walang kuwentang sawing-palad! Inaakala mo ba na hindi Ko nalalaman ang iyong mga lihim na mapanlinlang na mga gawain? Paulit-ulit kang nagtatago! Hindi mo ba alam na naisiwalat mo na ang iyong mukhang demonyo? Kahit hindi ito nakikita ng mga tao, iniisip mo ba na hindi Ko ito makikita? Ang mga nagbibigay ng serbisyo sa Akin ay hindi mabubuti; sila ay isang pangkat ng mga sawing-palad. Kailangan Ko silang harapin. Itatapon Ko sila sa walang hanggang hukay at susunugin sila!

Nagsasalita ka sa hindi makadiyos na paraan, kumikilos nang walang pananampalataya, at hindi nakikipagtulungan sa iba sa wastong paraan; ang gayong uri ng tao ay gusto pa ring maging hari—hindi ka ba nananaginip? Hindi ka ba nahihibang? Hindi mo ba nakikita kung ano ka? Ikaw ay isang walang kuwentang sawing-palad! May silbi ba ang gayong tao? Magmadaling umalis sa paningin Ko! Dapat na magkaroon ng malinaw na

pang-unawa ang lahat tungkol sa sinasabi Ko, mahikayat ng Aking mga salita, makilala ang Aking walang hanggang kapangyarihan, at malaman ang Aking karunungan. Madalas nasasabi na nagpakita na ang banal na espirituwal na katawan. Sa huli, sasabihin ba ninyong nagpakita na ang banal na espirituwal na katawan o hindi? Ang sinasabi Ko ba ay walang katuturan? Ano ang banal na espirituwal na katawan? Sa anong mga kalagayan umiiral ang banal na espirituwal na katawan? Sa mga tao, ito ay mahirap ilarawan sa isip at hindi maaaring maunawaan. Sinasabi Ko sa inyo: Ako ay walang kapintasan, at bukas ang lahat sa Akin, at pinakakawalan ang lahat ng bagay (dahil ginagawa Ko kung ano ang matalino at malaya Akong nagsasalita). Sa mga bagay na ginagawa Ko, walang anumang nakakahiya, at ginagawa ang lahat sa liwanag, upang ang lahat ay lubusang mahikayat. Higit pa rito, walang magagamit na anuman ang sinuman laban sa Akin. Isang paliwanag iyan ng “banal” sa “banal na espirituwal na katawan.” Kaya paulit-ulit Kong binigyang-diin na hindi Ko gusto ang sinuman na gumagawa ng mga bagay na nakakahiya. Isang bagay ito sa Aking mga atas administratibo, at isang bahagi rin ito ng Aking disposisyon. Tinutukoy ng “espirituwal na katawan” ang Aking mga pagbigkas. Ang sinasabi Ko ay palaging mayroong layon, palaging may karunungan, ngunit hindi maaaring kontrolin. (Sinasabi Ko ang gusto Kong sabihin, at ang Aking Espiritu ang bumibigkas ng Kanyang tinig, at ang Aking persona ang nagsasalita.) Ang sinasabi Ko ay malayang pinakakawalan, at kapag hindi ito tumutugon sa mga kuru-kuro ng mga tao, kung gayon iyon ang oras para ibunyag ang mga tao. Ito ang Aking wastong pagsasaayos. Samakatuwid, sa tuwing nagsasalita o kumikilos ang Aking persona, ito ay palaging mabuting pagkakataon para ilantad ang diwa ni Satanas. Noong hinirang ang Aking persona, lumitaw ang banal na espirituwal na katawan. Sa hinaharap, “ang banal na espirituwal na katawan” ay tumutukoy sa katawan, at may dalawang aspeto sa kahulugang ito: May isang aspeto ng kahulugan sa kasalukuyan, at may isa pang aspeto ng kahulugan sa hinaharap. Ngunit sa hinaharap, ang banal na espirituwal na katawan ay magiging ibang-iba sa kasalukuyan—ang magiging pagkakaiba ay tulad ng sa pagitan ng langit at lupa. Walang sinumang makakaarok nito, at kakailanganin Kong personal na ibunyag ito sa inyo.

Kabanata 95

Iniisip ng mga tao na napakasimple ng lahat, samantalang ang totoo ay hindi ganito ang sitwasyon. May mga tagong hiwagang nakapaloob sa lahat, gayundin ang Aking karunungan at Aking mga pagsasaayos. Walang pinalalampas na detalye, at lahat ay Ako Mismo ang nagpaplano. Sumasapit ang paghatol ng dakilang araw sa lahat ng hindi nagmamahal sa Akin nang tapat (tandaan, ang paghatol ng dakilang araw ay nakatutok sa bawat taong tumatanggap ng pangalang ito) at nagiging dahilan para sila ay tumangis at magngalit ang kanilang mga ngipin. Ang tunog na ito ng panaghoy ay nagmumula sa

Hades at sa impiyerno; hindi ito mga taong umiiyak, kundi mga demonyo. Ang Aking paghatol ang naghahatid ng pag-iyak na ito, ang naghahatid ng huling pagliligtas ng Aking plano ng pamamahala para sa mga tao. Dati ay may kaunting pag-asa pa Ako para sa ilang tao. Ngunit habang nakatingin ngayon, kailangan Kong talikuran ang mga taong ito nang isa-isa, sapagkat ito ang yugtong narating ng Aking gawain, at ito ay isang bagay na hindi mababago ninuman. Lahat ng hindi Ko panganay na anak o hindi Aking mga tao ay kailangang talikuran at kailangang lumayo sa Akin! Kailangan ninyong maunawaan na, sa Tsina, bukod sa Aking mga panganay na anak at sa Aking mga tao, lahat ng iba pa ay supling ng malaking pulang dragon at itatapon. Kailangang maunawaan ninyong lahat, tutal naman ay isang bansa ang Tsina na isinumpa Ko, at ang ilan sa Aking mga tao roon ay walang iba kundi yaong mga nagseserbisyo para sa Aking gawain sa hinaharap. Sa ibang pananalita, bukod pa sa Aking mga panganay na anak, wala nang iba pa—mapapahamak silang lahat. Huwag ninyong isipin na nagmamalabis Ako sa Aking mga gawa—ito ang Aking atas administratibo. Yaong mga dumaranas ng Aking mga sumpa ay mga pakay ng Aking pagkamuhi, at nakataga ito sa bato. Hindi Ako nagkakamali; kung makakita Ako ng isang taong hindi nakakalugod sa Akin, patatalsikin Ko sila; sapat nang patunay iyan na isinusumpa kita at isa kang inapo ng malaking pulang dragon. Hayaan mong ikintal Kong muli sa iyo—mga panganay na anak Ko lamang ang naroon sa Tsina (bukod pa sa Aking mga tao na nagseserbisyo) at ito ang Aking atas administratibo. Ngunit lubhang kakaunti ang Aking mga panganay na anak at lahat sila ay paunang naitalaga Ko na—alam Ko ang Aking ginagawa. Hindi Ako natatakot sa iyong pagkanegatibo at hindi Ako natatakot na pipihit ka at kakagatin Ako, sapagkat mayroon Akong mga atas administratibo at mayroon Akong poot. Ibig sabihin, hawak Ko ang matitinding sakuna sa Aking kamay at wala Akong kinatatakutan, dahil itinuturing Ko na nagawa na ang lahat ng bagay, at kapag dumating ang araw na iyon ay haharapin kita nang lubusan. Hindi magagawang perpekto o matuturuan ng tao ang isang tao na maging isang panganay Kong anak—lubos na nakasalalay ang bagay na ito sa Aking paunang pagtatalaga. Sinumang sabihin Kong isang panganay na anak ay isang panganay na anak; huwag mong tangkaing makipagpaligsahan para dito o agawin ito. Lahat ng bagay ay nakasalalay sa Akin, ang Diyos Mismo na makapangyarihan sa lahat.

Isang araw papayagan Ko kayong lahat na makita kung ano ang Aking mga atas administratibo at kung ano ang Aking poot (lahat ay luluhod sa Akin, lahat ay sasambahin Ako, lahat ay magmamakaawa sa Akin para sa kapatawaran at lahat ay magiging masunurin; pinapayagan Ko lamang ngayon ang Aking mga panganay na anak na makita ang isang bahagi nito). Ipapakita Ko sa lahat ng supling ng malaking pulang dragon na marami Akong napiling isakripisyo (lahat maliban sa Aking mga panganay na anak) upang magawang perpekto ang Aking mga panganay na anak, kaya nagawa Ko na bitagin ang malaking pulang dragon sa sarili nitong tusong pakana. (Sa Aking plano ng pamamahala, ipinadadala ng malaking pulang dragon yaong mga magseserbisyo sa Akin—lahat maliban sa Aking mga panganay na anak—upang gambalain ang Aking

plano ng pamamahala; subalit nabitag ito sa sarili nitong tusong pakana, at nagserbisyo silang lahat sa Aking gawain. Ito ay isang bahagi ng tunay na kahulugan ng Aking pagpapakilos sa lahat na magserbisyo para sa Akin.) Ngayon, kapag nagawa na ang lahat ng bagay, itatapon Ko silang lahat, dudurugin Ko sila sa ilalim ng Aking mga paa, at sa pamamagitan nito ay hihiyain Ko ang malaking pulang dragon at lubos itong mapapahiya (tatangkain nilang manloko para makalusot upang magtamo ng mga pagpapala, ngunit hindi nila inakala kailanman na magseserbisyo sila para sa Akin)—ito ang Aking karunungan. Nang marinig ito, iniisip ng mga tao na wala Akong damdamin o awa, at na wala Akong pagkatao. Talaga ngang wala Akong damdamin o awa kay Satanas, at bukod pa ryan ay Ako ang Diyos Mismo na nangingibabaw sa sangkatauhan. Paano mo masasabi na Ako ay isang Diyos na may pagkatao? Hindi mo ba alam na hindi Ako nabibilang sa mundo? Hindi mo ba alam na nangingibabaw Ako sa lahat ng bagay? Bukod pa sa Aking mga panganay na anak, walang ibang katulad Ko, walang sinumang mayroong disposisyon Ko (isang disposisyon na hindi sa tao, kundi banal), at walang sinumang nagtataglay ng Aking mga katangian.

Kapag binuksan ang pasukan sa espirituwal na mundo, makikita ninyo ang lahat ng hiwaga, kaya nagagawa ninyong pumasok nang lubusan sa isang malayang dako, pumasok sa Aking mapagmahal na yakap at sa Aking mga walang-hanggang pagpapala. Nasusuportahan na ng Aking mga kamay ang sangkatauhan noon pa man. Ngunit may isang bahagi ng sangkatauhan Akong ililigtas at isang bahaging hindi Ko ililigtas. (Sinasabi Kong “suporta” dahil kung hindi sa Aking pagsuporta, matagal na sanang nahulog ang buong mundo sa Hades.) Tantuhin ninyo ito! Ito ang Aking plano ng pamamahala. At ano ang plano ng Aking pamamahala? Nilikha Ko ang sangkatauhan, ngunit hindi Ko binalak kailanman na maangkin ang bawat isang tao, tatamuhin lamang ang isang maliit na bahagi ng sangkatauhan. Kaya bakit Ko nilikha ang napakaraming tao? Nasabi Ko na bago iyan, sa Akin, lahat ay kalayaan at pagpapalaya, at ginagawa Ko ang anumang nais Ko. Nang likhain Ko ang sangkatauhan, iyon ay para lamang makapamuhay sila ng isang normal na buhay at sa gayon ay makabangon ang isang maliit na bahagi ng sangkatauhan na magiging Aking mga panganay na anak, Aking mga anak at Aking mga tao. Masasabi na lahat ng tao, pangyayari, at bagay—bukod pa sa Aking mga panganay na anak, Aking mga tao at Aking mga anak—ay pawang mga tagasilbi at lahat ay kailangang mamatay. Sa ganitong paraan, matatapos ang Aking buong plano ng pamamahala. Ito ang Aking plano ng pamamahala, ito ang Aking gawain at ito ang mga hakbang ng Aking pagkilos. Kapag tapos na ang lahat ganap na Akong mamamahinga. Sa panahong iyon, lahat ay magiging maayos; lahat ay magiging payapa at ligtas.

Napakabilis ng pag-usad ng Aking gawain na hindi ito maiisip ng tao. Nagbabago ito araw-araw at sinumang hindi makasabay ay daranas ng kawalan; maaari lamang kumapit nang mahigpit ang isang tao sa bagong liwanag araw-araw (bagama’t walang anumang pagbabago sa Aking mga atas administratibo kailanman, gayundin sa mga

pangitain at katotohanang Aking ibinabahagi). Bakit Ako nangungusap araw-araw? Bakit kita palaging nililiwanagan? Nauunawaan mo ba ang totoong kahulugang nakapaloob dito? Karamihan sa mga tao ay nagtatawanan at nagbibiruan pa rin ngayon at hindi kayang maging seryoso. Hindi talaga nila pinapansin ang anuman sa Aking mga salita, ngunit nadarama lamang ang isang lumilipas na pag-aalala kapag naririnig nila ang mga ito. Pagkatapos, nalilimutan na kaagad ang Aking mga salita at madali silang nawawalan ng kamalayan sa sarili nilang identidad at nagiging walang-ingat. Alam mo ba kung ano ang iyong katayuan? Nagseserbisyo man sa Akin ang isang tao o paunang itinalaga at hinihirang Ko ay pinangangasiwaan lamang ng Aking mga kamay; walang sinumang maaaring magpabago rito—Ako Mismo ang kailangang gumawa nito, Ako Mismo ang kailangang humirang at magtalaga sa kanila. Sino ang nangangahas na magsabi na hindi Ako matalinong Diyos? Bawat salitang sinasabi Ko at lahat ng ginagawa Ko ay Aking karunungan. Sino ang nangangahas na minsan pang gambalain ang Aking pamamahala at sirain ang Aking mga plano? Siguradong hindi Ko sila patatawarin! Nakasalalay ang panahon sa Aking mga kamay at wala Akong kinatatakutang pagkaantala; hindi ba Ako ang Isa na nagpapasya sa panahon kung kailan magwawakas ang Aking plano ng pamamahala? Hindi ba nakasalalay ang lahat ng ito sa nag-iisang kaisipan Ko? Kapag sinabi Kong nagawa na iyon, nagawa na iyon, at kapag sinabi Kong tapos na iyon, tapos na iyon. Hindi Ako nagmamadali at gagawa Ako ng angkop na mga pagsasaayos. Hindi dapat makialam ang mga tao sa Aking gawain at hindi sila dapat gumawa ng mga bagay para sa Akin ayon sa gusto nila. Isinusumpa Ko ang sinumang nakikialam—ito ay isa sa Aking mga atas administratibo. Ako Mismo ang gumagawa ng Aking gawain at hindi Ko kailangan ang iba pa (pinapayagan Kong kumilos yaong mga tagasilbi, kung hindi ay hindi sila mangangahas na kumilos nang padalus-dalos o nabubulagan). Ako ang nagsasaayos ng lahat ng gawain, at Ako ang nagpapasya rito, sapagkat Ako ang nag-iisang Diyos Mismo.

Lahat ng bansa sa mundo ay nag-aagawan sa kapangyarihan at pakinabang, at pinag-aawayan ang lupain, ngunit huwag kayong mag-alala, sapagkat lahat ng bagay na ito ay gumagawa ng serbisyo sa Akin. At bakit Ko sinasabi na gumagawa ang mga ito ng serbisyo sa Akin? Ginagawa Ko ang mga bagay nang hindi nag-aangat ni isang daliri. Para hatulan ang mga Satanas, pinagtatalu-talo Ko muna sila at sa huli ay iginugupo Ko sila at nabibitag sila sa sarili nilang mga tusong pakana (nais nilang makipag-agawan sa Akin sa kapangyarihan, ngunit nauuwi sila sa pagseserbisyo para sa Akin). Sinasabi at ibinibigay Ko lamang ang Aking mga utos, at ginagawa ng lahat ang sinasabi Kong gawin ninyo, o kung hindi ay wawasakin kita kaagad. Ang mga bagay na ito ay bahaging lahat ng Aking paghatol, sapagkat inuutusan Ko ang lahat, at itinalaga Ko ang lahat. Sinumang gumagawa ng kahit ano ay ginagawa ito nang hindi sinasadya, at ginagawa ito ayon sa sarili Kong pagsasaayos. Sana ay mapuspos kayo ng Aking karunungan sa mga pangyayaring hindi magtatagal ay sasapit. Huwag kayong magpadalus-dalos, kundi lalong lumapit sa Akin nang mas madalas kapag sumasapit sa

inyo ang mga bagay-bagay; maging mas maingat at mag-ingat sa lahat ng aspeto para maiwasang magkasala sa Aking pagkastigo, at maiwasang mabitag sa mga tusong pakana ni Satanas. Dapat ay magtamo kayo ng mga kabatiran mula sa Aking mga salita, malaman ninyo kung ano Ako, at makita kung ano ang mayroon Ako. Dapat ninyong gawin ang mga bagay ayon sa Aking mga makahulugang tingin at huwag kayong kumilos nang padalus-dalos. Gawin ninyo ang ginagawa Ko, at sabihin ang sinasabi Ko. Sinasabi Ko sa inyo nang maaga ang mga bagay na ito upang maiwasan ninyong magkamali at matukso. Ano ang “Aking pagiging Diyos” at “Aking mga pag-aari”? Talaga bang alam ninyo? Ang sakit na Aking dinaranas ay bahagi ng Aking pagiging Diyos, dahil bahagi ito ng Aking normal na pagkatao, at ang Aking pagiging Diyos ay matatagpuan din sa Aking ganap na pagka-Diyos—alam ba ninyo ito? Ang Aking pagiging Diyos ay binubuo ng dalawang aspeto: Ang isang aspeto ay ang Aking pagkatao, samantalang ang isa pa ay ang Aking ganap na pagka-Diyos. Ang dalawang aspetong ito lamang na pinagsama ang bumubuo sa ganap na Diyos Mismo. Kasama rin sa Aking ganap na pagka-Diyos ang maraming mabubuting bagay: Hindi Ako napipigilan ng sinumang tao, usapin, o bagay; nangingibabaw Ako sa lahat ng kapaligiran; hindi Ako nalilimitihan ng anumang panahon o lugar o heograpiya; talagang kilala Ko ang lahat ng tao, usapin, at bagay na gaya ng likod ng Aking kamay; subalit katawan at buto pa rin Ako, at umiiral Ako sa isang anyo na nahahawakan; Ako pa rin ang personang ito sa paningin ng mga tao, ngunit nagbago na ang likas na katangian—hindi ito laman, kundi katawan. Ang mga bagay na ito ay maliit na bahagi lamang nito. Lahat ng Aking panganay na anak ay magiging kagaya rin nito sa hinaharap; ito ang landas na kailangang tahakin, at yaong mga tiyak na mamamatay ay hindi makakatakas. Habang ginagawa Ko ito, lahat ng hindi pa naitalaga ay patatalsikin (sapagkat ito ay si Satanas na sinusubok Ako para makita kung tumpak ang Aking mga salita). Hindi ito matatakan ng mga paunang itinalaga saan man sila magpunta, at dahil doon ay makikita ninyo ang mga prinsipyo sa likod ng gawa Kong ito. Ang “Aking mga pag-aari” ay tumutukoy sa Aking karunungan, Aking kaalaman, Aking pagiging maparaan at bawat salitang Aking sinasabi. Taglay ito kapwa ng Aking pagkatao at ng Aking pagka-Diyos. Ibig sabihin, lahat ng ginagawa ng Aking pagkatao gayundin yaong ginagawa ng Aking pagka-Diyos ay Aking mga pag-aari; walang sinumang makakaagaw ng mga bagay na ito ni makakapag-alis sa mga ito; hawak Ko ang mga ito, at hindi mababago ng sinuman ang mga ito. Ito ang Aking pinakamatinding atas administratibo (sapagkat sa mga kurukuro ng tao, maraming bagay Akong ginagawa na hindi naaayon sa kanilang mga kurukuro at hindi kayang unawain ng mga tao; sa utos na ito pinakamadaling magkasala ang bawat isang tao at ito rin ang pinakamatindi. Sa gayon ay nagdaranas ng kawalan ang kanilang buhay). Sasabihin Kong muli, kailangan kayong gumamit ng matapat na pamamaraan sa mga ipinapayo Kong gawin ninyo—kailangan kayong mag-ingat!

Kabanata 96

Kakastiguhin Ko ang lahat ng isinilang sa Akin na hindi pa Ako kilala para ipamalas ang lahat ng Aking poot, ang Aking dakilang kapangyarihan, at ang Aking buong karunungan. Sa Akin, lahat ay matuwid, at wala talagang kawalang-katarungan, walang panlilinlang, at walang kabuktutan; sinumang buktot at mapanlinlang ay tiyak na anak ng impiyerno, isinilang sa Hades. Sa Akin lahat ay lantad; anumang sabihin Ko ay matutupad, talagang matutupad; anumang sabihin Ko ay maitatatag, talagang maitatatag, at walang sinumang makakapagpabago o makakagaya sa mga bagay na ito dahil Ako ang nag-iisa at tanging Diyos Mismo. Sa malapit nang mangyari, lahat ng nasa grupo ng Aking paunang itinalaga at hinirang na mga panganay na anak ay isa-isang ibubunyag, at lahat ng wala sa grupo ng mga panganay na anak ay Aking aalisin sa pamamagitan nito. Ganito Ko ginagawa at tinutupad ang Aking gawain. Ngayon mismo, ibinubunyag Ko lamang ang ilang tao upang makita ng Aking mga panganay na anak ang Aking kamangha-manghang mga gawa, ngunit kalaunan ay hindi na Ako gagawa sa ganitong paraan. Bagkus, magpapatuloy Ako mula sa pangkalahatang sitwasyon sa halip na hayaan sila na isa-isang magpakita ng kanilang totoong kalikasan (dahil lahat ng demonyo ay karaniwang magkakapareho, sapat nang pumili ng ilan lamang para magsilbing halimbawa). Lahat ng Aking panganay na anak ay malinaw sa kanilang puso, at hindi Ko na kailangang magpaliwanag (dahil sa takdang panahon, tiyak na sunud-sunod silang mabubunyag).

Aking disposisyon na tuparin ang Aking mga pangako, at sa Akin ay walang naitatago at naililihim. Sasabihin Ko sa inyo ang lahat ng tungkol sa bawat isang bagay na dapat ninyong maunawaan, at talagang hindi Ko sasabihin sa inyo ang anumang hindi ninyo dapat malaman, kung hindi ay baka hindi ninyo makayang tumayo nang matatag. Huwag kayong kumapit sa maliliit na bagay para lamang mawalan ng mahahalagang bagay—iyan ay talagang hindi sulit. Maniwalang Ako ang Diyos na makapangyarihan sa lahat, at pagkatapos ay matutupad ang lahat at magiging madali at kasiya-siya ang lahat. Ganito kung paano Ko ginagawa ang mga bagay-bagay. Sinuman ang naniniwala, hinahayaan Ko siyang makakita, at sinumang hindi naniniwala, hindi Ko siya hinahayaang makaalam, at hindi Ko siya kailanman pahihintulutang makaunawa. Sa Akin ay walang damdamin o habag, at sinumang lumalabag sa Aking pagkastigo ay tiyak na papatayin Ko siya nang walang pagtitimpi, at tatratin Ko silang lahat nang parepareho. Ako ay patas sa lahat—wala Akong personal na mga damdamin at hindi kumikilos nang emosyonal sa anumang paraan. Paanong hindi nakikita ng mga tao ang Aking pagiging matuwid at pagiging maharlika sa pamamagitan nito? Ito ang Aking karunungan at ang Aking disposisyon, na walang sinumang makapagbabago at walang sinumang makakaalam nang lubusan. Ang Aking mga kamay ay laging namamahala ng lahat ng bagay, sa lahat ng oras, at palagi Kong iniaayos ang lahat ng bagay upang gumawa ng serbisyo sa Akin kung kailan Ko ibig. Maraming tao ang

nagseserbisyo alang-alang sa Akin upang tuparin ang Aking plano ng pamamahala, ngunit sa katapusan ay nakikita nila ang mga pagpapala ngunit hindi natatamasa ang mga iyon—napakakaawa-awa! Ngunit walang sinumang makapagbabago ng Aking puso. Ito ang Aking atas administratibo (sa tuwing binabanggit ang atas administratibo, tumutukoy ito sa bagay na walang sinuman ang makakapagbago, kaya kapag nagsalita Ako sa hinaharap, kung inilagay Ko na ang isipan Ko sa isang bagay, kung gayon ay tiyak na iyan ay Aking atas administratibo. Tandaan! Huwag itong labagin, kung hindi ay magdurusa ka ng kawalan), at bahagi rin ito ng Aking plano ng pamamahala. Ito ay sarili Kong gawain, hindi isang bagay na maaaring gawin ng kahit sino lang na tao. Dapat Kong gawin ito—dapat Kong iayos ito, na sapat na upang ipakita ang Aking pagiging makapangyarihan sa lahat at ipamalas ang Aking poot.

Karamihan ng mga tao ay hindi pa rin nakakaalam at hindi pa rin nalilinawan tungkol sa Aking pagkatao. Nasabi Ko na ito nang ilang beses, ngunit kayo ay nalalabuan pa rin at hindi masyadong nakakaunawa. Ngunit ito ay Aking gawain, at ngayon, sa sandaling ito, sinumang nakakaalam ay nakakaalam, at sinumang hindi nakakaalam ay hindi Ko pinipilit. Sa ganitong paraan lamang ito. Nakapagsalita na Ako nang malinaw tungkol dito at hindi na Ako magsasalita tungkol dito kalaunan (dahil napakarami Ko nang nasabi, at nagsalita na Ako nang napakalinaw. Siyang nakakakilala sa Akin ay tiyak na mayroong gawain ng Banal na Espiritu at walang dudang isa sa Aking mga panganay na anak. Siyang hindi nakakakilala sa Akin ay tiyak na hindi, at nagpapatunay na nabawi Ko na ang Aking Espiritu mula sa kanya). Ngunit sa katapusan, gagawin Kong makilala Ako ng bawat isa—ganap na makilala Ako, kapwa ang Aking pagkatao at ang Aking pagka-Diyos. Ang mga ito ang mga hakbang ng Aking gawain, at dapat Akong gumawa sa ganitong paraan. Ito rin ay ang Aking atas administratibo. Dapat Akong tawagin ng lahat bilang ang tanging tunay na Diyos, at purihin at ipagbunyi Ako nang walang humpay.

Ang Aking plano ng pamamahala ay lubusan nang natapos, at ang lahat ay matagal nang natupad. Sa mga mata ng tao, mukhang marami pa sa Aking gawain ang nagpapatuloy pa rin, ngunit naiayos Ko na ito nang wasto, at ang hinihintay na lamang ay ang kaganapan nito ayon sa Aking paisa-isang hakbang (ito ay dahil bago ang paglikha ng mundo, Akin nang paunang itinalaga kung sino ang kayang makatagal sa pagsubok, kung sino ang hindi Ko maaaring hirangin at italaga, at kung sino ang hindi maaaring makibahagi sa Aking pagdurusa. Ang mga maaaring makibahagi sa Aking pagdurusa—ibig sabihin, ang Aking mga paunang itinalaga at hinirang ay tiyak na Aking pananatilihin at bibigyang-kakayahan na pangibabawan ang lahat ng bagay). Malinaw sa Aking puso kung sino ang gumaganap sa bawat papel. Alam na alam Ko kung sino ang nagseserbisyo sa Akin, kung sino ang panganay na anak, at kung sino ang kabilang sa Aking mga anak at Aking mga tao. Alam Ko ito na gaya ng likod ng Aking kamay. Sinumang sinabi Ko noon na isang panganay na anak ay isa pa ring panganay na anak ngayon, at sinumang sinabi Ko noon na hindi isang panganay na anak ay hindi pa rin isang panganay na anak ngayon. Anuman ang Aking ginagawa, hindi Ko ito

pinanghihinayangan, at hindi Ko ito madaling binabago. Ginagawa Ko ang Aking sinasabi (sa Akin ay walang hindi seryoso), at hindi ito nagbabago kailanman! Ang mga nagseserbisyo sa Akin ay palaging magseserbisyo sa Akin: Sila ang Aking mga baka; sila ang Aking mga kabayo (ngunit ang mga taong ito ay hindi kailanman naliwanagan sa kanilang espiritu; kapag ginagamit Ko sila ay may pakinabang sila, ngunit kapag hindi Ko sila ginagamit ay pinapatay Ko sila. Kapag nagsasalita Ako tungkol sa mga baka at mga kabayo, ang ibig Kong sabihin ay ang mga hindi naliwanagan sa kanilang espiritu, na hindi nakakakilala sa Akin, at sumusuway sa Akin, at kahit na sila ay masunurin at nagpapasakop at simple at tapat, sila pa rin ay tunay na mga baka at mga kabayo). Ngayon, karamihan sa mga tao ay pabaya at hindi-napipigilan sa harap Ko, nagsasalita at tumatawa nang napakagulo, nag-aasal na walang pagpipitagan—nakikita lamang nila ang Aking pagkatao, at hindi ang Aking pagka-Diyos. Sa Aking pagkatao, ang mga asal na ito ay maaaring palampasin at nakakaya Kong patawarin ang mga iyon, ngunit sa Aking pagka-Diyos hindi ito napakadali. Sa hinaharap ay magpapasya Ako na nagkasala ka ng kalapastanganan sa Akin. Sa ibang salita, ang Aking pagkatao ay maaaring labagin, ngunit ang Aking pagka-Diyos ay hindi, at sinumang lumalaban nang kahit bahagya sa Akin ay Aking hahatulan kaagad nang walang anumang pagkaantala. Huwag isipin na dahil nakasama mo Ako sa personang ito sa loob ng maraming taon at naging pamilyar ka sa Akin ay maaari ka nang magsalita at kumilos nang walang pakundangan. Wala talaga Akong pakialam! Kung sino man ito, tatrathin Ko siya nang may katuwiran. Ito ang Aking pagiging matuwid.

Ang Aking mga hiwaga ay ibinubunyag sa mga tao araw-araw, at ang mga iyon ay nagiging mas malinaw araw-araw, sinusundan ang mga yugto ng paghahayag, na sapat na upang ipakita ang takbo ng Aking gawain. Ito ang Aking karunungan (hindi Ko ito sinasabi nang tuwiran. Nililiwanagan Ko ang Aking mga panganay na anak at binubulag ang anak ng malaking pulang dragon). Higit pa rito, ngayon ay Aking ibubunyag ang Aking hiwaga sa inyo sa pamamagitan ng Aking Anak. Ang mga bagay-bagay na hindi kayang mailarawan sa isip ng mga tao ay Aking ibubunyag sa inyo ngayon, upang ipaalam sa inyo nang lubos at magkaroon ng malinaw na pagkaunawa. Higit pa rito, ang hiwagang ito ay umiiral sa bawat isa bukod sa Aking mga panganay na anak, ngunit walang sinumang makakaunawa rito. Bagaman ito ay nasa loob ng bawat tao, walang sinumang makakakilala rito. Ano ang sinasabi Ko? Sa Aking gawain at sa Aking mga pagbigkas sa loob ng panahong ito, malimit Kong binabanggit ang malaking pulang dragon, si Satanas, ang diyablo, at ang arkanghel. Ano ba ang mga ito? Ano ang kanilang mga kaugnayan? Ano ang ipinamamalas sa mga bagay na ito? Ang mga pagpapamalas ng malaking pulang dragon ay paglaban sa Akin, kawalan ng pagkaunawa at pagkaintindi sa mga kahulugan ng Aking mga salita, madalas na pang-uusig sa Akin, at paghahangad na gumamit ng mga pakana para gambalain ang Aking pamamahala. Si Satanas ay ipinamamalas sa mga sumusunod: pakikipagtunggali sa Akin para sa kapangyarihan, pagnanais na angkinin ang Aking hinirang na mga tao, at paglalabas ng

mga negatibong salita para linlangin ang Aking mga tao. Ang mga sumusunod ay ang mga pagpapamalas ng diyablo (ang mga hindi tumatanggap sa Aking pangalan at hindi naniniwala, ay diyablong lahat): pag-iimbong sa mga kasiyahan ng laman, pagpapasasa sa masasamang pagnanasa, pamumuhay sa ilalim ng pagkagapos kay Satanas, ang ilan ay lumalaban sa Akin at ang ilan ay sumusuporta sa Akin (ngunit hindi pinapatunayan na sila ay Aking mga minamahal na anak). Ang mga pagpapamalas ng arkanghel ay ang sumusunod: pagsasalita nang walang-galang, pagiging di-makadiyos, malimit na paggaya ng Aking tono para turuan ang mga tao, pagtutuon lamang sa panlabas na paggaya sa Akin, pagkain ng Aking kinakain at paggamit ng Aking ginagamit; sa madaling salita, pagnanais na makapantay Ko, pagiging ambisyoso ngunit wala ng Aking kakayahan at hindi nagtataglay ng Aking buhay, at pagiging isang patapon. Si Satanas, ang diyablo, at ang arkanghel ay tipikal na paglalarawang lahat ng malaking pulang dragon, kaya ang mga hindi Ko paunang itinalaga at hinirang ay mga anak lahat ng malaking pulang dragon: Ito ay lubusang ganito! Ang mga ito ay mga kaaway Kong lahat. (Gayunpaman, ang mga panggagambala ni Satanas ay hindi kasama. Kung ang iyong kalikasan ay ang Aking katangian, walang sinumang makapagbabago nito. Dahil ngayon ay namumuhay ka pa rin sa laman, paminsan-minsan ay mapapaharap ka sa mga panunukso ni Satanas—ito ay di-maiiwasan—ngunit dapat kang mag-ingat palagi.) Samakatuwid, tatalikuran Ko ang lahat ng anak ng malaking pulang dragon sa labas ng Aking mga panganay na anak. Ang kanilang kalikasan ay hindi kailanman magbabago—ito ang katangian ni Satanas. Ang diyablo ang kanilang ipinamamalas, at ang arkanghel ang kanilang isinasabuhay. Ito ay lubusang totoo. Ang malaking pulang dragon na Aking binabanggit ay hindi isang malaking pulang dragon; bagkus ito ay ang masasamang espiritu na lumalaban sa Akin, kung saan ang “malaking pulang dragon” ay isang kasingkahulugang salita. Kaya lahat ng espiritu bukod sa Banal na Espiritu ay masasamang espiritu, at masasabi ring supling ng malaking pulang dragon. Dapat itong maging napakalinaw sa lahat.

Kabanata 97

Ipakikita Ko sa bawat isang tao ang Aking mga kamangha-manghang gawa at iparirinig ang Aking matatalinong salita. Dapat na kasama rito ang bawat isang tao, at dapat itong mangyari sa bawat isang bagay. Ito ang Aking atas administratibo, at ito ang Aking poot. Isasama Ko ang bawat isang tao at bawat isang bagay upang makita ng lahat ng tao sa buong sansinukob at hanggang sa kadulu-duluhan ng lupa gamit ang sarili nilang mga mata; Ako ay hindi titigil hangga’t hindi ito natutupad. Lubusan nang naibuhos ang Aking poot, na wala ni katiting na pinipigilan. Nakaukol ito sa bawat isang tao na tumatanggap sa pangalang ito (malapit na itong ibaling sa lahat ng bansa sa mundo). At ano ang Aking poot? Gaano ito katindi? Anong uri ng tao ang sasapitan ng

Aking poot? Iniisip ng karamihan sa mga tao na ang poot ang pinakamatinding antas ng galit, pero hindi nito iyon lubusang naipaliliwanag. Ang Aking poot at ang Aking mga atas administratibo ay dalawang di-mapaghihiwalay na bahagi; kapag ipinatutupad Ko ang Aking mga atas administratibo, sumusunod dito ang poot. Kaya ano ba talaga ang poot? Ang poot ay isang antas ng paghatol na inilalapat Ko sa mga tao at ito ang prinsipyong nasa likod ng pagpapatupad ng alinman sa Aking mga atas administratibo. Sinumang magkasala sa isa sa Aking mga atas, magiging katumbas ang tindi ng Aking poot, depende sa kung aling atas ang sinuway. Kapag nariyan ang Aking poot, tiyak na nariyan din ang Aking mga atas administratibo, at totoo rin ang kabaligtaran nito. Ang Aking mga atas administratibo at poot ay bumubuo ng isang kabuuan na hindi mapaghihiwalay. Ito ang pinakamatindi sa mga paghatol, na walang maaaring sumuway. Dapat itong sundin ng lahat ng tao, o kung hindi ay mahihirapan silang iwasan na pabagsakin ng Aking kamay. Hindi ito kailanman nalaman ng mga tao sa lahat ng kapanahunan (bagama't may ilang nagdusa mula sa matitinding sakuna, hindi pa rin nila ito nalaman; gayunman, pangunahing nagsisimula ang pagpapatupad ng atas administratibong ito mula ngayon), pero ngayon ay ibinubunyag Ko ang lahat ng ito sa inyo, upang maiwasan ninyo ang pagkakasala.

Dapat marinig ng lahat ng tao ang Aking tinig at maniwala sa Aking mga salita. Kung hindi, hindi Ako kikilos, ni gagawa ng anumang gawain. Ang Aking bawat salita at pagkilos ay ang mga halimbawang dapat ninyong sundin; ang mga ito ang inyong huwaran at ang mga ito ay isang modelo para inyong sundan. Ang dahilan kung bakit Ako naging tao ay upang makita ninyo kung ano Ako at kung ano ang taglay Ko sa Aking pagkatao. Sa hinaharap, hahayaan Ko kayong masaksihan kung ano Ako at kung ano ang taglay Ko sa Aking pagka-Diyos. Dapat na mangyari ang mga bagay-bagay nang paisa-isang hakbang sa ganitong paraan. Kung hindi, sadyang hindi magagawa ng mga tao na maniwala, at hindi sila magkakaroon ng kaalaman tungkol sa Akin. Sa halip, magagawa lang nilang magkaroon ng malalabo at hindi tiyak na mga pangitain, at hindi nila magagawang magkaroon ng malinaw na pagkaunawa sa Akin. Naipamalas na ng Aking mga salita na lubusan nang nagpakita ang Aking persona sa inyo, subalit naririnig ng mga tao ang Aking mga salita at hindi pa rin Ako nakikilala—dahil lamang sila ay hangal at walang muwang. Kahit ngayon na Ako ay naging tao na, sinusuway pa rin Ako ng mga tao, kaya't samakatuwid ay ginagamit Ko ang Aking poot at ang Aking mga atas administratibo upang parusahan ang masama at mahalay na lumang panahong ito at upang lubusang ipahiya si Satanas at ang mga diyablo. Ito ang tanging paraan; ito ang hantungan para sa sangkatauhan, at ito ang katapusang naghihintay sa sangkatauhan. Ang kalalabasan ay isang di-maiiwasang pagtatapos na walang sinumang makababago o madadaan sa pakiusap upang matakasan. Ako lang ang may huling salita; ito ang Aking pamamahala at ito ang Aking plano. Dapat ay maniwala ang lahat ng tao at makumbinsi sa puso at sa salita. Yaong mga nagtatamo ng mabuting kapalaran sa buhay na ito ay tiyak na magdurusa nang walang hanggan, habang yaong mga nagdurusa sa

buhay na ito ay tiyak na pagpapalain nang walang hanggan—ito ay nauna Ko nang itinalaga at walang sinuman ang makababago nito. Walang sinumang makababago ng Aking puso, at walang sinuman ang makadaragdag ng kahit isa pang salita sa Aking mga salita, at lalong hindi sila pinahihintulutan na basta na lang mag-alis ng isa mang salita; kapag may sinumang lumabag dito, tiyak na kakastiguhin Ko sila.

Ibinubunyag sa inyo ang Aking mga hiwaga araw-araw—talaga bang nauunawaan ninyo ang mga ito? Talaga bang nakatitiyak kayo sa mga ito? Kapag nililinlang ka ni Satanas, nahahalata mo ba iyon? Ito ay natutukoy ayon sa inyong mga tayog sa buhay. Yamang sinasabi Ko na lahat ng bagay ay nauna Ko nang itinakda, bakit kung gayon ay personal Akong nagkatawang-tao upang gawing perpekto ang Aking mga panganay na anak? Isa pa, bakit Ako gumawa ng napakaraming gawain na iniisip ng mga tao na walang pakinabang? Ako ba ang nalilito? Tandaan ninyo ito! Ang lahat ng ginagawa Ko ay ginagawa hindi lang upang matamo ang Aking mga panganay na anak kundi, mas mahalaga pa, upang ipahiya si Satanas. Kahit kinakalaban Ako ni Satanas, may kapangyarihan Ako na palabanin dito ang kanyang mga supling, at bumaling upang purihin Ako. Bukod diyan, lahat ng ginagawa ko ay upang dumaloy nang maayos ang kasunod na hakbang ng gawain, at upang ipagbunyi at purihin Ako ng buong mundo at lumuhod sa Akin at lumuwalhati sa Akin ang lahat ng bagay na humihinga; ang araw na iyon ay tunay na magiging araw ng kaluwalhatian. Tangan Ko ang lahat ng bagay sa Aking mga kamay at kapag pumutok ang pitong kulog, ang lahat ng bagay ay ganap na maisasakatuparan, hindi kailanman magbabago, lahat nakatakda. Mula sa puntong iyon, mapapasok ang bagong buhay ng bagong langit at lupa, mapapasok ang bagung-bagong mga kalagayan, at magsisimula na ang buhay ng kaharian. Ngunit paano ilalarawan ang loob ng kaharian? Sadyang hindi ito malinaw na mawawari ng mga tao (dahil wala pang sinuman ang nakaranas na kailanman ng buhay ng kaharian, kung kaya't naguni-guni pa lang ito sa mga isip ng tao at pinagmuni-munihan sa kanilang puso). Sa pagbaling mula sa buhay-iglesia patungo sa buhay ng kaharian, na pagbaling mula sa kasalukuyang kalagayan patungo sa kalagayan sa hinaharap, maraming bagay ang mangyayari sa panahong ito na hindi pa kailanman naisip ng mga tao. Ang buhay-iglesia ang pasimula sa pagpasok sa buhay ng kaharian, kaya't bago dumating ang buhay ng kaharian ay buong sikap Kong pagyayamanin ang buhay-iglesia. Ano ang buhay-iglesia? Ganito iyon: Ang lahat, kabilang na ang Aking mga panganay na anak, ay kumakain, umiinom at tinatamasa ang Aking mga salita at nakikilala Ako, sa gayon ay tinatanggap ang Aking pagsusunog at pagdadalisay, upang maunawaan nila ang Aking mga atas administratibo, ang Aking paghatol at ang Aking poot, at maiwasan nila ang pagkakasala sa buhay ng kaharian. At ano ang “buhay ng kaharian”? Ang buhay ng kaharian ay kung saan namumuno ang Aking mga panganay na anak bilang mga hari kasama Ko, namumuno sa lahat ng lahi at lahat ng bansa (tanging ang Aking mga panganay na anak at Ako ang nakatatamasa ng buhay ng kaharian). Bagaman pumapasok sa kaharian ang Aking mga anak at ang Aking bayan mula sa lahat ng bansa

at ang lahat ng lahi, hindi nila nagagawang matamasa ang buhay ng kaharian. Yaong mga pumapasok lang sa espirituwal na mundo ang makatatamasa ng buhay ng kaharian. Kaya't tanging Ako at ang Aking mga panganay na anak ang kayang mabuhay sa katawan, habang ang Aking mga anak at ang Aking bayan ay nananatiling nabubuhay sa laman. (Pero hindi ito ang laman na nagawa nang tiwali ni Satanas. Ito ang kabuluhan ng pamumuno ng Aking mga panganay na anak kasama Ko bilang mga hari.) Ang mga espiritu, mga kaluluwa at mga katawan ng ibang tao ay kukuhanin at itinatapon sa Hades. Ang ibig sabihin, ang mga taong ito ay lubusang mapapahamak at titigil sa pag-iral (ngunit dapat silang dumaan sa lahat ng gapos at kalupitan ni Satanas, tulad ng mga paghihirap at mga sakuna). Kapag tapos na ito, opisyal nang nasa kaayusan ang buhay ng kaharian, at sisimulan Ko nang opisyal na ibunyag ang Aking mga gawa (na hayagang ibubunyag at hindi patago). Mula noon, tiyak na hindi na magkakaroon ng mga buntong-hininga at wala nang pagluha. (Dahil hindi na magkakaroon ng anumang makasasakit sa mga tao, o magdudulot sa kanila ng pagtangis o magdudulot sa kanila ng pagdurusa, at gayundin ito para sa Aking mga anak at sa Aking bayan; ngunit mayroong isang punto na dapat bigyang-diin, na ang Aking mga anak at ang Aking bayan ay mamamalaging laman magpakailanman.) Lahat ay magiging masayahin—isang larawan ng kaaliwan. Hindi ito magiging isang bagay na pisikal, kundi isang bagay na hindi nakikita ng mga pisikal na mata. Yaong Aking mga panganay na anak ay makapagtatamasa rin nito; ito ang Aking kamangha-manghang gawa, at ito ang Aking dakilang kapangyarihan.

Hangad Kong mahanap ninyo ang Aking kalooban at magkaroon kayo ng konsiderasyon sa Aking puso sa lahat ng panahon. Maaaring masira ng pansamantalang kasiyahan ang inyong buong buhay, samantalang makapaghahatid ang pansamantalang pagdurusa ng walang hanggang mga pagpapala. Huwag malumbay; ito ang daan na dapat lakaran. Madalas Kong sabihin noon: “Sa mga taong taos-pusong gumugugol para sa Akin, ikaw ay tiyak na labis Kong pagpapalain.” At ano ang “mga pagpapala”? Ito ay hindi lang ang mga natatamo ngayon, pero higit pa, ang mga ito ay ang mga matatamasa sa hinaharap—tanging ang mga ito ang mga totoong pagpapala. Pagbalik ninyo sa Bundok ng Sion, magpapakita kayo ng walang-katapusang pasasalamat para sa inyong kasalukuyang pagdurusa, sapagkat ito ang Aking pagpapala. Ang pamumuhay ngayon sa laman ay pagiging nasa Bundok ng Sion (na nangangahulugang nabubuhay ka sa loob Ko), samantalang ang pamumuhay sa katawan bukas ay magiging ang araw ng kaluwalhatian, at ito, lalo pa, ay pagiging nasa Bundok ng Sion. Pagkatapos mapakinggan itong mga salitang sinasabi Ko, nauunawaan na ninyo kung ano ang kahulugan ng “Bundok ng Sion.” Ang Bundok ng Sion ay isang kasingkahulugan para sa kaharian, at ito rin ang espirituwal na mundo. Sa Bundok ng Sion sa ngayon, kayo ay nasa laman na tumatanggap ng ginhawa at nagtatamo ng Aking biyaya; sa Bundok ng Sion sa hinaharap, kayo ay magiging nasa katawan na nagtatamasa ng pagpapala ng pamumuno bilang mga hari. Dapat may katiyakang hindi

ito ipagwalang-bahala. At huwag na huwag papayagang makalagpas ang mga pagkakataong maaaring magtamo ng mga pagpapala; ang ngayon ay ngayon, matapos ang lahat, at ibang-iba ito sa kinabukasan. Kapag nagtamasa ka na ng mga pagpapala, iisipin mo na ang biyaya ngayon ay hindi karapat-dapat banggitin. Ito ang ipinagkakatiwala Ko sa iyo, at ito ang Aking huling payo.

Kabanata 98

Lahat ng bagay ay darating sa bawat isa sa inyo, at tutulutan kayo ng mga ito na mas maraming malaman tungkol sa Akin at mas maging tiyak tungkol sa Akin. Tutulutan kayo ng mga ito na makilala Ako, ang nag-iisang Diyos Mismo, makilala Ako, ang Makapangyarihan sa lahat, makilala Ako, ang nagkatawang-taong Diyos Mismo. Pagkatapos, lalabas Ako sa katawang-tao, babalik sa Sion, sa magandang lupain ng Canaan, na Aking tirahan at Aking hantungan, ang himpilan kung saan nilikha Ko ang lahat ng bagay. Ngayon, walang sinuman sa inyo ang nauunawaan ang kahulugan ng mga salitang sinasabi Ko; wala kahit isang tao na nakauunawa sa kahulugan ng mga salitang ito. Kapag naibubunyag sa inyo ang lahat saka lamang ninyo mauunawaan kung bakit sinasabi Ko ang mga salitang ito. Hindi Ako nabibilang sa mundo at ni hindi Ako nabibilang sa sansinukob dahil Ako ang nag-iisang Diyos Mismo. Hawak Ko ang buong mundo ng sansinukob sa Aking kamay, Ako Mismo ang namumuno nito, at maaari lang magpasakop ang mga tao sa Aking awtoridad, sabihin ang Aking banal na pangalan, magbunyi para sa Akin at purihin Ako. Unti-unting ibubunyag sa inyo ang lahat. Kahit na walang natatago, hindi pa rin ninyo maaarok ang paraan Ko ng pagsasalita o ang tono ng Aking mga salita. Hindi pa rin ninyo nauunawaan kung tungkol saan ang Aking plano ng pamamahala. Kaya, sasabihin Ko sa inyo kalaunan ang tungkol sa lahat ng bagay na hindi ninyo nauunawaan sa mga nasabi Ko na dahil, para sa Akin, lahat ay simple at malinaw samantalang, para sa inyo, ito ay napakahirap, at hindi lamang talaga ninyo ito nauunawaan sa anumang paraan. Kaya nga, babaguhin Ko ang Aking paraan ng pananalita, hindi Ko na pagdudugtungin ang mga bagay nang sama-sama kapag nagsasalita Ako, pero lilinawin ang bawat punto nang isa-isa.

Ano ang ibig sabihin ng muling mabuhay mula sa mga patay? Ito ba ay nangangahulugang pagkamatay sa laman at pagkatapos ay pagbabalik sa katawan matapos ang kamatayan? Ito ba ang ibig sabihin ng muling mabuhay mula sa mga patay? Ganito ba ito kasimple? Ako ang Diyos na makapangyarihan sa lahat; ano ang alam mo tungkol dito? Papaano mo ito nauunawaan? Maaari bang ang muling pagkabuhay Ko mula sa mga patay noong Aking unang pagkakatawang-tao ay talagang unawain nang literal? Ang proseso ba talaga ay ayon sa inilalarawan sa mga tekstong iyon? Nasabi Ko na, na kung hindi Ako nagsasalita nang tuwiran, at kung hindi Ako magsasabi sa mga tao nang malinaw, walang sinumang makauunawa sa kahulugan ng

Aking mga salita. Walang ni isang tao sa buong kapanahunan ang hindi nag-isip na ganoon ang muling pagkabuhay mula sa mga patay. Mula pa noong panahon ng paglikha sa mundo, walang sinuman ang nakaunawa ng tunay na kahulugan nito. Talaga bang ipinako Ako sa krus? At, pagkatapos mamatay, lumabas ba Ako mula sa libingan? Talaga bang ganito ito nangyari? Totoo nga ba talaga ito? Walang sinuman sa buong kapanahunan ang naglaan ng pagsisikap dito, walang sinuman ang nakakilala sa Akin mula rito at walang ni isang tao ang hindi naniniwala rito; iniisip ng lahat na totoo ito. Hindi nila nalalaman na ang bawat salita Ko ay may isang panloob na kahulugan. Kung gayon, ano talaga ang muling pagkabuhay mula sa mga patay? (Sa nalalapit na hinaharap, mararanasan ninyo ito, kaya sinasabi Ko na sa inyo ang tungkol dito nang maaga.) Walang nilalang ang handang mamatay; gusto nilang lahat na mabuhay. Mula sa Aking pananaw, hindi tunay na kamatayan ang kamatayan sa laman. Kapag binabawi ang Aking Espiritu mula sa isang tao, namamatay ang taong iyon. Kaya nga, tinatawag Ko ang lahat ng demonyong nagawang tiwali ni Satanas (yaong mga walang pananampalataya, lahat ng di-mananampalataya) na ang mga patay. Mula noong panahon ng paglikha sa mundo, naibigay Ko na ang Aking Espiritu sa lahat ng hinirang Ko. Gayunman, matapos ang yugtong sumunod sa paglikha, sinakop ni Satanas ang mga tao sa isang yugto ng panahon. Kaya umalis Ako, at nagsimulang magdusa ang mga tao (ang pagdurusang tiniis Ko noong Ako ay nagkatawang-tao at ipinako sa krus, tulad nang nasabi). Gayunman, sa panahong nauna Ko nang itinalaga (ang panahon kung kailan natapos ang Aking pagtalikod sa mga tao), binawi Ko ang mga taong nauna Ko nang naitalaga at muli Kong inilagay ang Aking Espiritu sa inyo kaya muli kayong nabuhay. Ito ang tinatawag na “muling pagkabuhay mula sa mga patay.” Ngayon, yaong mga talagang nabubuhay sa Aking Espiritu ay lahat nangingibabaw na, at nabubuhay silang lahat sa katawan. Gayunman, hindi magtatagal, iwawaksi ninyong lahat ang inyong pag-iisip, kuru-kuro, at lahat ng kagusutan sa lupa. Pero, hindi ito, gaya ng iniisip ng mga tao, pagbangon mula sa mga patay matapos ang pagdursa. Na nabubuhay kayo ngayon ang nauunang kailangan sa pamumuhay sa katawan, ito ang kinakailangang landas sa pagpasok sa espirituwal na daigdig. Ang pangingibabaw sa normal na pagkataong sinasabi Ko ay nangangahulugang walang pamilya, walang asawang babae, walang mga anak at walang pangangailangan ng tao. Ito ay pagtuon lamang sa pagsasabuhay ng Aking imahe, sa pagtuon lamang sa pagpasok sa Akin at hindi pag-iisip ng tungkol sa ibang bagay na labas sa Akin; saan ka man magpunta ay tahanan mo. Ito ang pangingibabaw sa normal na pagkatao. Lubusang mali ang pagkakaunawa ninyo sa mga salita Kong ito; napakababaw ng inyong pang-unawa. Papaano ba talaga Ako magpapakita sa lahat ng bansa at lahat ng tao? Sa katawang-tao ngayon? Hindi! Pagdating ng panahon, magpapakita Ako sa Aking katawan sa bawat bansa ng sansinukob. Hindi pa dumarating ang panahon kung kailan kailangan kayo ng mga banyaga na akayin sila. Sa panahong iyon kakailanganin ninyong lumabas sa laman at pumasok sa katawan upang akayin sila. Ito ang katotohanan, pero hindi ito ang “muling

pagkabuhay mula sa mga patay” na iniisip ng mga tao. Sa takdang panahon, walang kaalam-alam na lalabas kayo sa laman at papasok sa espirituwal na daigdig at mamumunong kasama Ako sa lahat ng bansa. Hindi pa ito ang panahon. Kapag kailangan Ko kayo na maging nasa laman, magiging nasa laman kayo (ayon sa mga pangangailangan ng Aking gawain, dapat may pag-iisip kayo ngayon at dapat mabuhay pa rin kayo na nasa laman, kaya dapat pa rin ninyong gawin ang mga bagay na kailangan ninyong gawin sa laman ayon sa Aking mga hakbang: huwag basta naghihintay na lang nang walang ginagawa dahil magdudulot ito ng mga pagkaantala). Kapag kailangan Ko kayong kumilos sa katawan bilang mga pastol ng iglesia, lalabas kayo mula sa laman, itatakwil ang inyong kaisipan, at lubusang aasa sa Akin para mabuhay. Magkaroon ng pananampalataya sa Aking kapangyarihan at sa Aking karunungan. Lahat ay gagawin Ko nang personal. Kailangan lamang ninyong maghintay at magsaya. Darating sa inyo ang lahat ng pagpapala, at magkakaroon kayo nang di-mauubos at walang katapusang panustos. Kapag sumapit ang araw na iyon, mauunawaan ninyo ang prinsipyo kung papaano Ko ito ginagawa, malalaman ninyo ang Aking mga kamangha-manghang gawa, at mauunawaan kung papaano Ko ibinabalik ang Aking mga panganay na anak sa Sion. Hindi naman talaga ito kasingsalimuot ng naiisip ninyo, pero hindi rin ito kasingsimple ng iniisip ninyo.

Nalalaman Ko na kapag sinasabi Ko ito ay mas lalo ninyong hindi nakakayang maunawaan ang layon sa likod ng Aking mga salita at mas lalo pang nalilito. Ihahalo ninyo ito sa kung ano ang nasabi Ko na nang una kaya hindi kayo makauunawa ng anuman, at tila wala kayong paraan para makawala. Gayunman, huwag mag-alala, sasabihin Ko sa inyo ang lahat. May kahulugan ang lahat ng sinasabi Ko. Sinabi Ko nang magagawa Kong pabalikin sa wala ang mga umiiral na mga bagay at magagawa ang pagpaparami ng mga bagay mula sa wala. Sa imahinasyon ng mga tao, para makapasok sa katawan mula sa laman, dapat mabuhay na muli mula sa mga patay ang isang tao. Sa nakalipas, ginamit Ko ang paraang ito at ipinamalas ang Aking pinakadakilang himala, pero ang ngayon ay hindi tulad ng nakaraan. Tuwiran Ko kayong dadalhin mula sa laman tungo sa katawan. Hindi ba ito isang mas nakahihigit na tanda at himala? Hindi ba ito isang nakahihigit na pagpapamalas ng Aking walang hanggang kapangyarihan? Mayroon Akong plano, at taglay ko ang mga layunin Ko. Sino ang wala sa Aking mga kamay? Alam Ko ang gawaing ginagawa Ko. Ang Aking mga paraan ng paggawa ngayon, kung tutuusin, ay iba mula sa nakalipas. Ibinabagay Ko ang Aking mga paraan ng paggawa ayon sa pagbabago ng mga kapanahunan. Noong ipako Ako sa krus, iyon ang Kapanahunan ng Biyaya, pero ngayon ang huling kapanahunan. Bumibilis ang tulin ng Aking gawain, hindi ito kasimbilis ng sa nakaraan, at hindi ito mas mabagal kaysa sa nakalipas. Sa halip, nagpapatuloy ito nang mas mabilis kaysa sa nakalipas. Talagang walang paraan para mailarawan ito, at hindi kailangan ng napakaraming masalimuot na mga proseso. Malaya Akong gumawa ng anuman. Hindi ba totoo na kailangan lang ng isang salita ng awtoridad galing sa Akin para matiyak kung

papaanong magiging ganap ang Aking kalooban at kung papaano Ko kayo gagawing perpekto? Siguradong mangyayari ang lahat ng sinasabi Ko. Sa nakalipas, madalas na sinasabi Ko na magdurusa Ako, at hindi Ko pinayagan ang mga tao na banggitin ang pagdurusang natiis Ko noon; ang banggitin ito ay paglapastangan sa Akin. Dahil ito sa Ako ang Diyos Mismo at para sa Akin walang paghihirap; kapag binabanggit mo ang pagdurusang ito pinatatangis mo ang mga tao. Sinabi Ko nang sa hinaharap hindi na magkakaroon ng mga buntong-hininga at mga luha. Dapat maipaliwanag ito mula sa aspetong ito, at sa gayon ang kahulugan ng Aking mga salita ay mauunawaan. Ang kahulugan ng “hindi lamang talaga matagalan ng mga tao ang pagdurusang ito” ay makaaalpas Ako mula sa lahat ng pantaong kuru-kuro at pag-iisip, makaaalpas mula sa mga damdamin ng laman, makaaalpas mula sa lahat ng bakas na pangmundo at lumabas mula sa laman, at makapaninindigan pa rin Ako kapag pinabubulaanan Ako ng lahat. Sapat ito para patunayan na Ako ang nag-iisang Diyos Mismo. Sinabi Ko, “Dapat pumasok ang bawat panganay na anak sa espirituwal na daigdig mula sa laman; ito ang landas na dapat nilang tahakin upang mamunong kasama Ko bilang mga hari.” Ang kahulugan ng pangungusap na ito ay kapag nakaharap mo ang isang bagay na dati ay naisip mo na, opisyal kang lalabas sa laman at papasok sa katawan para opisyal na umpisahang hatulan ang mga prinsipeng at mga haring iyon. Hahatulan sila batay sa mga bagay na nangyayari sa panahong ito. Gayunman, hindi ito kasingsalimuot ng naiisip ninyo—mangyayari ito sa isang iglap. Hindi ninyo kakailanganing bumangon mula sa mga patay at ni hindi ninyo kakailanganing magdusa (dahil dumating na sa isang katapusan ang inyong pagdurusa at mga paghihirap sa lupa at Akin nang nasabi na hindi Ko na iwawasto ang Aking mga panganay na anak pagkatapos nito). Tatamasahin ng mga panganay na anak ang kanilang mga pagpapala, gaya ng nasabi na, sa katunayang walang kaalam-alam na mapapasok ninyo ang espirituwal na daigdig. Bakit Ko sinasabi na ito ang Aking awa at biyaya? Kung makakapasok lamang ang isang tao sa espirituwal na daigdig matapos ang pagbangon mula sa mga patay, magiging malayo ito sa pagiging maawain at mapagbigay-loob. Kaya ito ang pinakamadaling makitang pagpapahayag ng Aking awa at biyaya at, higit pa, ibinubunyang ang Aking paunang pagtatalaga at Aking pagpili ng tao. Sapat na ito para ipakita kung gaano kahigpit ang Aking mga atas administratibo. Magiging mapagbigay-loob at maawain Ako kung kanino Ko gusto. Walang sinumang makikipagtunggali o makikipaglaban. Ako ang magpapasya sa lahat ng ito.

Hindi iyon mauunawaan ng mga tao, at pinipilit nila ang kanilang mga sarili hanggang sa hindi sila makakahinga, at gayunman sila pa rin ang gumagapos sa kanilang mga sarili. Talagang limitado ang pag-iisip ng mga tao, kaya dapat nilang alisin ang pag-iisip ng tao at mga kuru-kuro. Dahil dito, dapat Akong lumabas sa katawan at pumasok sa espirituwal na daigdig upang pamunuan ang lahat, upang pamahalaan ang lahat. Ito lang ang paraan para mamuno sa lahat ng tao at lahat ng bansa at upang matupad ang Aking kalooban. Hindi na ito malayo pa. Wala kayong pananampalataya sa Aking

walang hanggang kapangyarihan, at hindi ninyo kilala kung sino Ako. Iniisip ninyo na Ako ay isang tao lamang at hindi ninyo nakikita ang Aking pagka-Diyos sa anumang paraan. Magiging ganap ang mga bagay kailan Ko man nais maging ganap ang mga ito. Ang tanging kailangan ay isang salita mula sa Aking bibig. Binigyang pansin lang ninyo ang aspeto ng Aking pagkatao sa sinabi Ko kamakailan, at sa Aking bawat pagkilos, pero hindi ninyo binigyang pansin ang aspeto ng Aking pagka-Diyos. Ibig sabihin niyan, iniisip ninyo na mayroon din Akong pag-iisip at mga kuru-kuro. Pero Aking nasabi na ang Aking mga kaisipan, mga ideya at pag-iisip, Aking bawat pagkilos, lahat ng ginagawa Ko at lahat ng sinasabi Ko ay mga ganap na pagpapamalas ng Diyos Mismo. Nakalimutan na ba ninyo ang lahat ng ito? Lahat kayo ay mga taong nalilito! Hindi ninyo nauunawaan ang kahulugan ng Aking mga salita. Pinayagan Ko kayong makita ang aspeto ng Aking normal na pagkatao mula sa mga sinabi Ko (pinayagan Ko kayong makita ang Aking normal na pagkatao sa Aking araw-araw na pamumuhay, sa realidad, dahil hindi pa rin ninyo nauunawaan ang aspeto ng Aking normal na pagkatao mula sa Aking sinabi sa panahong ito), gayunman hindi ninyo nauunawaan ang Aking normal na pagkatao, at sinisikap lamang ninyong sunggaban ang isang bagay na magagamit laban sa Akin at hindi napipigil sa harapan Ko. Bulag kayo! Ignorante kayo! Hindi ninyo Ako kilala! Nakapagsalita Ako nang walang saysay nang napakatagal! Hindi talaga ninyo Ako kilala, at hindi lamang talaga ninyo itinuturing ang Aking normal na pagkatao bilang bahagi ng ganap na Diyos Mismo! Papaanong hindi Ako magagalit? Papaano Ako magiging maawain muli? Makatutugon lamang Ako sa mga anak ng pagsuway na ito sa Aking poot. Napakapangahas ninyo, hindi talaga ninyo Ako kilala! Iniisip ninyo na Ako ay nakagawa ng mali! Maaari ba akong magkamali? Basta-basta Ko bang pipiliin na tanggapin ang anumang katawang laman na siyang gagamitin ko upang maging katawang-tao? Ang Aking pagkatao at Aking pagka-Diyos ay dalawang di-mapaghihiwalay na bahagi na bumubuo sa ganap na Diyos Mismo. Ngayon dapat na maging ganap na malinaw sa inyo ito! Ang Aking mga salita ay umabot na sa tugatog nito, at ang Aking mga salita ay hindi na ipaliliwanag nang higit pa!

Kabanata 99

Dahil tumutulin ang takbo ng Aking gawain, walang sinumang makasasabay sa Aking mga yapak, at walang sinumang makapapasok sa Aking isipan, pero ito lamang ang daan pasulong. Ito ang “mga patay” (tinutukoy nito ang pagiging hindi kayang tarukin ang Aking kalooban, pagiging hindi kayang maunawaan ang ibig Kong sabihin mula sa Aking mga salita; isa pa itong paliwanag ng “mga patay,” at hindi nangangahulugang “pagiging pinabayaan ng Aking Espiritu”) sa pariralang “nabuhay na mag-uli mula sa mga patay,” na napag-usapan na. Kapag kayo at Ako ay nakalipat na mula sa yugtong ito papunta sa katawan, matutupad ang totoong kahulugan ng “muling pagkabuhay mula

sa mga patay” (ibig sabihin, ito ang totoong kahulugan ng muling pagkabuhay mula sa mga patay). Ngayon, ito ang kalagayan kung saan kayong lahat ay umiiral: Hindi ninyo matarok ang Aking kalooban at hindi ninyo matagpuan ang Aking mga yapak. Bukod pa ryan, hindi kayo matahimik sa inyong mga espiritu, kaya nakadarama kayo ng pagkabalisa sa isipan. Ang ganitong uri ng kalagayan mismo ang “pagdurusa” na binanggit Ko, at sa ganitong pagdurusa, na hindi kayang tiisin ng mga tao, sa isang banda ay iniisip ninyo ang sarili ninyong hinaharap, at sa kabilang banda ay tinatanggap ninyo ang Aking panununog at Aking paghatol, na nanggagaling at tumatama sa inyo mula sa lahat ng direksyon. Dagdag pa, hindi ninyo matarok ang anumang mga alituntunin mula sa tono at paraan ng Aking pananalita, at sa isang araw ng pagbigkas, maraming uri ng tono, kaya lubha kayong nagdurusa. Ito ang mga hakbang sa Aking gawain. Ito ang Aking karunungan. Sa hinaharap, mararanasan ninyo ang mas matindi pang pagdurusa sa aspetong ito, na lahat ay para ibunyag ang lahat ng mapagpaimbabaw na tao—dapat malinaw na ito ngayon! Ganito ang paraan ng Aking paggawa. Sa motibasyon ng ganitong uri ng pagdurusa, at pagkatapos maranasan ang pasakit na ito na katumbas ng kamatayan, papasok kayo sa isa pang dako. Papasok kayo sa katawan at maghaharing kasama Ko sa lahat ng bansa at lahat ng bayan.

Bakit Ako nagsasalita kamakailan nang may mas marahas na tono? Bakit napakadalas magbago ang Aking tono, at bakit napakadalas na ring nagbago ang Aking paraan ng paggawa? Ang Aking karunungan ay nasa mga bagay na ito. Binibigkas ang Aking mga salita para sa lahat ng nakatanggap na ng pangalang ito (naniniwala man sila o hindi na maisasakatuparan ang Aking mga salita), kaya dapat mapakinggan at makita ng lahat ang Aking mga salita, at hindi dapat supilin ang mga ito, dahil mayroon Akong paraan Ko ng paggawa at mayroon Ako ng Aking karunungan. Ginagamit Ko ang Aking mga salita para hatulan ang mga tao, para ibunyag ang mga tao, at para ilantad ang kalikasan ng tao. Sa gayon, hinihirang Ko yaong Aking pinili, at inaalís Ko yaong mga hindi Ko paunang itinalaga o hinirang. Lahat ito ay Aking karunungan at pagiging kamangha-mangha ng Aking gawain. Ito ang Aking pamamaraan sa yugtong ito ng Aking gawain. Sa mga tao, mayroon bang sinumang makatatarok sa Aking kalooban? Sa mga tao, mayroon bang sinumang makapagsasaalang-alang sa Aking pasanin? Ang Siya na gumagawa ng gawain ay Ako, ang Diyos Mismo. Darating ang araw kung kailan lubusan ninyong mauunawaan ang kabuluhan ng mga salita Kong ito, at magiging ganap na malinaw sa inyo kung bakit nais Kong sabihin ang mga salitang ito. Ang Aking karunungan ay walang-katapusan, walang-hangganan, at di-masukat, at lubusan itong di-malirip ng mga tao. Kaya lamang makita ng mga tao ang isang bahagi nito mula sa mga bagay na ginagawa Ko, ngunit ang kanilang nakikita ay may depekto pa rin at hindi pa rin kumpleto. Kapag lubusan na kayong nakalipat mula sa yugtong ito papunta sa kasunod na yugto, malinaw na ninyo itong makikita. Tandaan! Ngayon ang pinakamahalagang kapanahunan—ito ang huling yugto kung saan kayo ay nasa laman. Ang inyong buhay ngayon ay ang panghuli ng inyong pisikal na buhay. Pagpasok

ninyo sa espirituwal na mundo mula sa laman, sa panahong iyon, mawawala sa inyo ang lahat ng pasakit. Labis kayong magagalak at magbubunyi, at lulundag kayo sa galak nang walang tigil. Pero dapat maging malinaw sa inyo na ang mga salitang ito na sinasabi Ko ay para lamang sa mga panganay na anak, dahil ang mga panganay na anak lamang ang karapat-dapat sa pagpapalang ito. Ang pagpasok sa espirituwal na mundo ang pinakamalaking pagpapala, ang pinakamataas na pagpapala, at ang pinakamahalagang bagay para tamasahin. Ang inyong mga kinakamtan ngayon para kainin at isuot ay walang iba kundi mga kasiyahan ng laman; ang mga ito ay biyaya, at sadyang wala Akong pagpapahalaga sa mga bagay na ito. Ang pinagtutuunan ng Aking gawain ay nasa kasunod na yugto (ang pagpasok sa espirituwal na mundo at pagharap sa mundo ng sansinukob).

Nasabi Ko nang ang malaking pulang dragon ay Akin nang napabagsak at nadurog. Paanong hindi ninyo pinaniniwalaan ang Aking mga salita? Bakit hinahangad pa rin ninyo na magtiis ng pag-uusig at paghihirap para sa Akin? Hindi ba ito di-kinakailangang pagbabayad ninyo ng halaga? Naipaalala Ko na sa inyo nang maraming beses na kailangan lamang ninyong magtamasa, habang personal Kong ginagawa ang gawain: Bakit napakasigasig ninyong kumilos? Talagang hindi ninyo alam kung paano magtamasa! Lubusan Ko nang naihandang para sa inyo ang lahat—bakit wala pang sinuman sa inyo ang lumalapit sa Akin para kunin ito? Hindi pa rin kayo nakatitiyak sa nasabi Ko na! Hindi ninyo Ako naiintindihan! Iniisip ninyo na nagsasalita Ako ng mga walang-lamang mababait na pananalita; talagang naguguluhan kayo! (Ang ganap na mga paghahandang sinasabi Ko ay nangangahulugan na dapat kayong mas tumingala pa sa Akin at mas manalangin pa sa harapan Ko, habang personal Akong gagawa para sumpain ang lahat ng lumalaban sa Akin, at parusahan ang lahat ng umuusig sa inyo.) Wala kayong anumang alam tungkol sa Aking mga salita! Ibinubunyag Ko sa inyo lahat ng Aking hiwaga, ngunit gaano karami sa inyo ang talagang nauunawaan ang mga ito? Gaano karami sa inyo ang malalim na nauunawaan ang mga ito? Ano ang Aking trono? Ano ang Aking tungkod na bakal? Sino sa inyo ang nakaaalam? Kapag binabanggit ang Aking trono, iniisip ng karamihan sa mga tao na iyon ay kung saan Ako nauupo, o na tinutukoy nito ang Aking dakong tahanan, o na tinutukoy nito Ako, ang persona na Ako. Lahat ng ito ay maling pagkaunawa—isang magulong pagkaunawa lamang! Walang isa man sa mga pagkaintinding ito ang tama, hindi ba? Ganito ang pagkaunawa at pagtarok ninyong lahat dito—isa lamang itong matinding paglihis ng pagkaunawa! Ano ang awtoridad? Ano ang kaugnayan sa pagitan ng awtoridad at trono? Ang trono ang Aking awtoridad. Kapag itinataas ng Aking mga panganay na anak ang Aking trono, iyon ang panahon na tatanggapin ng Aking mga panganay na anak ang awtoridad mula sa Akin. Ako lamang ang may awtoridad, kaya Ako lamang ang may trono. Sa ibang salita, pagkatapos na magdusa ang Aking mga panganay na anak sa katulad na paraang nagdusa Ako, tatanggapin nila kung ano Ako at kung anong mayroon Ako, at tatanggapin nila ang lahat mula sa Akin; ito ang proseso kung paano nila maaabot ang

katayuan ng panganay na anak. Ito ang magiging panahon kung kailan itataas ng Aking mga panganay na anak ang Aking trono, at ito rin ang magiging panahon na tatanggapin nila ang awtoridad mula sa Akin. Dapat nauunawaan na ninyo ito ngayon! Malinaw ang lahat ng sinasabi Ko at ganap na maliwanag para maunawaan ng lahat. Isantabi ninyo ang mga sarili ninyong kuru-kuro, at maghintay na tanggapin ang mga hiwaga na ibinubunyag Ko sa inyo! Kaya ano ang tungkod na bakal? Sa nakaraang yugto, tumukoy ito sa Aking mababagsik na salita, ngunit ngayon iba na ito sa nakaraan: Ngayon tumutukoy ang tungkod na bakal sa Aking mga gawa, na matitinding sakunang nagtataglay ng awtoridad. Kaya tuwing binabanggit ang tungkod na bakal, palagi itong nakaugnay sa awtoridad. Ang orihinal na kahulugan ng tungkod na bakal ay tumutukoy sa matitinding sakuna—bahagi ito ng awtoridad. Dapat malinaw na makita ito ng lahat at sa gayon lamang nila matatarok ang Aking kalooban at matatanggap ang pagbubunyag mula sa Aking mga salita. Sinumang taglay ang gawain ng Banal na Espiritu ay hawak ang tungkod na bakal sa kanyang kamay, at siya ang nagtataglay ng awtoridad at may karapatang ipatupad ang alinman sa matitinding sakuna. Isa ito sa Aking mga atas administratibo.

Lahat at ang bawat bagay ay bukas sa inyo (tumutukoy ito sa bahagi na itinuro na nang malinaw), at lahat at ang bawat bagay ay nakatago sa inyo (tumutukoy ito sa lihim na bahagi ng Aking mga salita). Nagsasalita Ako nang may karunungan: hinahayaan Ko kayong maunawaan lamang ang literal na kahulugan ng ilan sa Aking mga salita, habang hinahayaan Ko kayong tarukin ang kahulugan ng iba (pero karamihan sa mga tao ay hindi kayang makaunawa), dahil ito ang pagkakasunud-sunod ng Aking gawain. Masasabi Ko lamang sa inyo ang tunay na kahulugan ng Aking mga salita kapag naabot na ninyo ang isang partikular na tayog. Ito ang karunungan Ko at ang mga ito ang Aking mga kamangha-manghang gawa (nang sa gayon ay gawin kayong perpekto at para lubusang talunin si Satanas at hiyain ang mga diyablo). Kapag lamang nakapasok na kayo sa isa pang dako na magagawa ninyong lubusang maunawaan. Kailangang gawin Ko ito sa ganitong paraan dahil sa mga kuru-kuro ng tao, maraming bagay na sadyang hindi mawari ng mga tao, at kahit na malinaw Akong magsalita sa inyo, hindi pa rin ninyo mauunawaan. Ang mga isip ng mga tao, kung sa bagay, ay limitado, at maraming bagay na maipararating Ko lamang sa inyo pagkatapos ninyong makapasok sa espirituwal na mundo; kung hindi, hindi ito kayang gawin ng laman ng tao, at makagagambala lamang ito sa Aking pamamahala. Ito ang tunay na kahulugan ng “ang pagkakasunud-sunod ng Aking gawain” na sinasabi Ko. Sa inyong mga kuru-kuro, gaano ninyo Ako nauunawaan? Wala bang mali ang inyong pagkaunawa? Ito ba ay kaalaman na nasa espiritu? Kung gayon, dapat na hayaan Ko kayong makalipat sa isa pang dako upang matapos ninyo ang Aking gawain at magawa ang Aking kalooban. Kaya ano ba talaga itong isa pang dako? Ito ba talaga ay isang uri ng nangingibabaw na tanawin, gaya ng iniisip ng mga tao? Ito ba talaga ay isang bagay na gaya ng hangin na hindi nakikita o nararamdaman, pero umiiral? Gaya ng nasabi Ko na, ang pagiging nasa katawan ay

isang pagkakaroon ng laman at buto, ng pagtataglay ng anyo at hugis. Talagang totoo ito at hindi mapag-aalinlanganan, at dapat itong paniwalaan ng lahat. Ito ang tunay na kalagayan sa katawan. Bukod pa ryan, sa katawan ay walang mga bagay na kinamumuhian ng mga tao. Pero ano ba talaga ang kalagayang ito? Kapag lumilipat ang mga tao mula sa laman papunta sa katawan, isang malaking pangkat ang dapat lumitaw. Na ibig sabihin, hihiwalay sila sa kanilang makalamang tahanan, at maaaring sabihin na bawat isa ay susunod sa kanyang sariling uri: Nagtitipon ang laman sa laman at nagtitipon ang katawan sa katawan. Ngayon yaong mga humihiwalay sa kanilang mga tahanan, sa kanilang mga magulang, mga asawang babae, mga asawang lalaki, mga anak na lalaki, at mga anak na babae, ay nag-uumpisang pumasok sa espirituwal na mundo. Sa katapusan, ganito ito: Ang kalagayan sa espirituwal na mundo ay yaong ang mga panganay na anak ay sama-samang nagkakatipon, umaawit at sumasayaw, pinupuri at ipinagbubunyi ang Aking banal na pangalan. Ito ay isang tagpo na maganda at palaging bago. Ang lahat ay mga minamahal Kong anak, na magpakailanman pinupuri Ako nang walang tigil, magpakailanman itinataas ang Aking banal na pangalan. Ito ang kalagayan pagkatapos ng pagpasok sa espirituwal na mundo, ito rin ang gawain pagkatapos ng pagpasok sa espirituwal na mundo, at ito rin ang kalagayan na Aking nasabi na, ng pagpapastol ng iglesia sa espirituwal na mundo. Bukod pa rito, nagpapakita ang Aking persona sa bawat bansa sa sansinukob at sa lahat ng bansa at lahat ng mga tao, taglay ang Aking awtoridad, ang Aking poot, at ang Aking paghatol, at higit pa roon, taglay ang Aking tungkod na bakal upang pamunuan ang lahat ng bansa at lahat ng mga tao. Ito, sa lahat ng mga tao at sa buong sansinukob, ang nagbibigay ng patotoo sa Akin na yumayanig sa langit at lupa, na nagsasanhi sa lahat ng mga tao at lahat ng bagay sa mga kabundukan, sa mga ilog, sa mga lawa, at sa mga dulo ng daigdig na purihin Ako at luwalhatiin Ako, at kilalanin Ako, ang nag-iisang Diyos Mismo, na ang Lumikha ng lahat ng bagay, at gumagabay sa lahat, namamahala sa lahat, humahatol sa lahat, nagsasakatuparan ng lahat, nagpaparusa sa lahat, at nagwawasak sa lahat. Ito, kung gayon, ang tunay na pagpapakita ng Aking persona.

Kabanata 100

Kinamumuhian Ko ang lahat ng hindi Ko naitalaga at pinili. Samakatuwid, kailangan ay isa-isa Kong alisin ang mga taong ito sa Aking bahay, sa gayon magiging banal at walang-bahid dungis ang Aking templo, laging bago ang Aking bahay at hindi kailanman maluluma, ang Aking banal na pangalan ay lalaganap magpakailanman, at ang Aking banal na bayan ay magiging Aking mga minamahal. Ang ganitong uri ng tagpo, ang ganitong uri ng bahay, ang ganitong uri ng kaharian ang Aking layunin at Aking tahanan; ito ang saligan ng Aking paglikha ng lahat ng bagay. Walang sinumang maaaring makapagpahapay o makapagpabago nito. Ako lamang at ang Aking minamahal na mga

anak ang magkakasamang titira sa loob nito, at walang sinumang papayagang umapak dito, walang papayagang tumira rito, at lalong walang anumang hindi kanais-nais na bagay ang hahayaang mangyari. Ang lahat ay magiging pagpupuri at pagsasaya, at lahat ay magiging isang tagpo na hindi maguguni-guni ng tao. Nais Ko lang na ialay ninyo ang lahat ng inyong lakas sa Akin nang buong puso at isipan, at sa abot ng inyong makakaya. Ngayon man o bukas, naglilingkod ka man sa Akin o nagtatamo ng mga pagpapala, dapat ay ibuhos ninyong lahat ang buong lakas ninyo para sa Aking kaharian. Isa itong obligasyon na dapat gampanan ng lahat ng taong nilalang, at dapat itong maisagawa at maipatupad sa ganitong paraan. Aking pakikilusin ang lahat ng bagay upang maglingkod para sa kagandahan ng Aking kaharian upang maging laging bago, at upang may pagkakasundo at pagkakaisa sa Aking bahay. Walang sinumang pinahihintulutang sumuway sa Akin, at sinumang gumagawa noon ay dapat dumanas ng hatol at isumpa. Ngayon ang Aking mga sumpa ay nagsisimulang sumapit sa lahat ng bansa at lahat ng bayan, at ang Aking mga sumpa ay mas mabagsik pa sa Aking paghatol. Panahon na upang simulang hatulan ang lahat ng tao, kaya ito ay sinasabing mga sumpa. Ito ay dahil ngayon ang huling kapanahunan, at hindi ang panahon ng paglikha. Dahil nagpalit na ang mga kapanahunan, ibang-iba na ngayon ang bilis ng Aking gawain. Dahil sa mga pangangailangan ng Aking gawain, iba na rin ang mga taong Aking kailangan; yaong mga dapat pabayaang ay pababayaang; yaong mga dapat ihiwalay ay ihihiwalay; yaong mga dapat patayin ay papatayin, at yaong mga dapat itira ay kailangang itira. Ito ay isang di-maiiwasang kalakaran na bukod sa kalooban ng tao, at walang taong maaaring magpabago nito. Dapat itong magawa ayon sa Aking kalooban! Aking tinatalikdan yaong mga nais Kong talikdan, at inaalang yaong mga nais Kong alisin; walang sinumang kikilos nang walang pakundangan. Aking itinitira yaong mga gusto Kong itira at Aking minamahal yaong mga gusto Kong mahalin; kailangan itong magawa ayon sa Aking kalooban! Hindi Ako nagpapatangay sa emosyon; sa Akin, mayroon lamang katuwiran, paghatol at poot—walang anumang damdamin. Wala ni katiting na bakas ng tao sa Akin, sapagkat Ako ang Diyos Mismo, ang persona ng Diyos. Dahil nakikita ng lahat ng tao ang aspeto ng Aking pagkatao at hindi pa nila nakita ang aspeto ng Aking pagka-Diyos. Tunay na sila ay mga bulag at naguguluhan!

Kailangan ninyong ingatan sa inyong puso ang Aking sinasabi sa inyo, kailangan ninyong maunawaan ang Aking puso sa pamamagitan ng Aking mga salita at magpakita ng pagsasaalang-alang sa Aking pasanin. Sa gayon, malalaman ninyo ang Aking pagiging makapangyarihan sa lahat at makikita ang Aking persona. Sapagkat ang Aking mga salita ay mga salita ng karunungan, at walang sinumang makakaunawa sa mga prinsipyo o mga batas sa likod ng Aking mga salita. Iniisip ng mga tao na gumagamit Ako ng panlilinlang at kabuktutan at hindi nila Ako nakikilala sa pamamagitan ng Aking mga salita, ngunit sa kabaligtaran, nilalapastangan nila Ako. Napakabulag at napakamangmang nila! Wala silang kahit kaunting pagkaunawa. Bawat pangungusap na Aking binibigkas ay may taglay na awtoridad at paghatol, at walang sinumang

maaaring magbago ng Aking mga salita. Sa sandaling lumabas ang Aking mga salita, tiyak na matutupad ang mga bagay ayon sa Aking mga salita; ito ang Aking disposisyon. Ang Aking mga salita ay awtoridad at sinumang bumabago sa mga iyon ay nagkakasala sa Aking pagkastigo, at kailangan Ko silang pabagsakin. Sa seryosong mga kalagayan, ipinapahamak nila ang sarili nilang buhay at napupunta sila sa Hades, o sa walang-hanggang kalaliman. Ito ang Aking tanging paraan ng pakikitungo sa sangkatauhan, at walang paraan ang tao para baguhin ito—ito ang Aking atas administratibo. Tandaan ninyo ito! Walang sinumang pinahihintulutang magkasala sa Aking atas; kailangang magawa ang mga bagay ayon sa Aking kalooban! Dati-rati, napakaluwag Ko sa inyo at ang Aking mga salita lang ang nakatagpo ninyo. Hindi pa nagaganap ang mga salitang Aking ipinahayag tungkol sa pagpapabagsak sa mga tao. Ngunit mula ngayon, lahat ng kalamidad (ang mga ito na may kaugnayan sa Aking mga atas administratibo) ay sunud-sunod na darating upang parusahan ang lahat ng hindi umaayon sa Aking kalooban. Kailangang magkaroon ng pagdating ng mga katotohanan—kung hindi ay hindi makikita ng mga tao ang Aking poot kundi paulit-ulit nilang durungisan ang kanilang sarili. Isa itong hakbang ng Aking plano ng pamamahala, at ito ang paraan kung paano Ko gagawin ang susunod na hakbang ng Aking gawain. Ipinagpapauna Ko ito sa inyo nang sa gayon ay maiwasan ninyong makagawa ng pagkakasala at mapahamak magpakailanman. Ibig sabihin, mula sa araw na ito, papupuntahin ko ang lahat ng tao, maliban sa Aking mga panganay na anak, sa kanilang dapat kalagayan ayon sa Aking kalooban, at isa-isa Ko silang kakastiguhin. Hindi Ko palalagpasin ang kahit isa sa kanila. Subukan lang ninyong magpakasamang muli! Subukan mo lang maging suwail na muli! Nasabi Ko na noon na matuwid Ako sa lahat, na wala Ako ni katiting na damdamin, at ipinapakita nito na hindi dapat magkasala sa Aking disposisyon. Ito ang Aking persona. Walang sinumang maaaring magbago nito. Naririnig ng lahat ng tao ang Aking mga salita at nakikita ng lahat ng tao ang Aking maluwalhating mukha. Kailangan Akong sundin ng lahat ng tao nang lubusan at ganap—ito ang Aking atas administratibo. Lahat ng tao sa buong sansinukob at sa mga dulo ng mundo ay dapat Akong purihin at luwalhatiin, sapagkat Ako ang natatanging Diyos Mismo, sapagkat Ako ang persona ng Diyos. Walang sinumang maaaring magbago ng Aking mga salita at pahayag, ng Aking pananalita at kilos, sapagkat ang mga ito ay mga bagay na para sa Akin lamang, at ang mga ito ay mga bagay na taglay Ko na noong una pa man at iiral magpakailanman.

Nagkikimkim ang mga tao ng paghahangad na subukin Ako, at nais nilang makasumpong sa Aking mga salita ng isang bagay na magagamit nila laban sa Akin, upang siraan Ako. Sisiraan mo ba Ako? Hahatulan ba Ako nang ganoon na lamang? Basta-basta na lang ba pag-uusapan ang Aking ginagawa? Isang grupo talaga kayo ng mga di-alam kung ano ang makakabuti sa inyo! Ni hindi man lang ninyo Ako kilala! Ano ang Bundok ng Sion? Ano ang Aking tirahan? Ano ang magandang lupain ng Canaan? Ano ang saligan ng paglikha? Bakit patuloy Kong binabanggit, sa nakaraang ilang araw, ang mga salitang ito? Ang Bundok ng Sion, ang Aking tirahan, ang magandang lupain

ng Canaan, ang saligan ng paglikha—binabanggit lahat ng ito bilang pagtukoy sa Aking persona (bilang pagtukoy sa katawan). Iniisip ng lahat ng tao na ang mga ito ay mga lugar na pisikal na umiiral. Ang Aking persona ay ang Bundok ng Sion; ito ang Aking tirahan. Sinumang pumasok sa espirituwal na mundo ay aakyat sa Bundok ng Sion at papasok sa Aking tirahan. Nilalang Ko ang lahat ng bagay sa loob ng Aking persona; ibig sabihin, lahat ng bagay ay nilikha sa loob ng katawan, samakatuwid ay ito ang saligan. Bakit Ko sinasabing kasama Ko kayong babalik sa katawan? Naririyang ang orihinal na kahulugan. Tulad na lang ng katawagang “Diyos,” ang mga pangngalang ito ay walang kahulugan sa ganang sarili nila, kundi sa halip ay iba’t ibang pangalan na Aking ibinibigay sa iba’t ibang lugar. Kaya huwag ninyong masyadong pansinin ang literal na kahulugan ng mga iyon, kundi pagtuunan lamang ninyo ang pakikinig sa Aking mga salita. Kailangan ninyong makita ang mga iyon sa ganitong paraan, at pagkatapos ay mauunawaan na ninyo ang Aking kalooban. Bakit paulit-ulit Kong ipinaaalala sa inyo na mayroong karunungan sa Aking mga salita? Ilan sa inyo ang sinubukan nang alamin ang kahulugan sa likod nito? Lahat kayo ay pikit-matang nagsusuri at wala sa katwiran!

Hindi pa rin ninyo nauunawaan ngayon ang karamihan sa mga bagay na nasabi Ko na noon. Nananatili kayong nag-aalinlangan at hindi ninyo mabigyang-kasiyahan ang Aking puso. Sa anumang oras na magiging tiyak kayo tungkol sa bawat pangungusap na Aking binibigkas, iyon ang sandaling gugulang ang inyong buhay. Para sa Akin, ang isang araw ay gaya ng isang libong taon at ang isang libong taon ay gaya ng isang araw; paano ninyo iniisip ang tungkol sa oras na sinasabi Ko? Paano ninyo ito ipaliliwanag? Mali ang pakahulugan ninyo rito! At bukod pa ryan, karamihan sa mga tao ay inaabala Ako tungkol dito, inaasam na makakita ng isang bagay na magagamit laban sa Akin—hindi ninyo alam kung ano ang mabuti para sa inyo! Mag-ingat ka, dahil kung hindi ay pababagsakin kita! Kapag dumating ang araw kung kailan maliwanag na ang lahat, mauunawaan na ninyo nang lubos. Hindi Ko pa rin sinasabi sa inyo ngayon (ngayon ang panahon para ilantad ang mga tao; kailangang mag-ingat at magmasid ang lahat para mabigyang-kasiyahan ang Aking kalooban). Ilalantad Ko ang lahat ng tao sa pamamagitan ng Aking mga salita, at mabubunyag ang orihinal nilang anyo upang ipakita kung totoo sila o hindi. Kung ang isang tao ay isang patutot o isang masamang babae, kailangan Ko silang ilantad. Sinabi Ko na noon na ginagawa Ko ang mga bagay-bagay nang walang kahirap-hirap at ginagamit Ko lang ang Aking mga salita para ilantad ang mga tao. Wala akong kinatatakutang balatkayo; sa sandaling mabigkas ang Aking mga salita, kailangan mong ibunyag ang orihinal mong anyo, at gaano ka man kagaling magbalatkayo ay tiyak na hindi Ako malililang nito. Ito ang prinsipyo ng Aking mga gawa—ang gumamit lang ng mga pahayag at hindi gumugol ng anupamang lakas. Pinapagod ng mga tao ang kanilang sarili tungkol sa kung matutupad ang Aking mga salita o hindi, at nababalisa sila para sa Aking kapakanan at nag-aalala para sa Akin, ngunit hindi naman talaga kailangan ang mga pagsisikap na ito; hindi talaga kailangan

ang mga sakripisyong iyon. Nag-aalala ka sa Akin, ngunit gumulang na ba ang sarili mong buhay? Paano naman ang iyong sariling tadhana? Tanungin mo nang madalas ang iyong sarili at huwag kang maging pabaya. Dapat isaalang-alang ng lahat ng tao ang Aking gawain at—sa pamamagitan ng Aking mga gawa at Aking mga salita—makita ang Aking persona, mas makilala Akong mabuti, malaman ang Aking pagiging makapangyarihan sa lahat, malaman ang Aking karunungan at malaman ang mga paraan at pamamaraan kung paano Ko nilikha ang lahat ng bagay, at sa gayon ay bigyan Ako ng walang-humpay na papuri. Ipakikita Ko sa lahat ng tao kung kanino Ko itinatalaga ang Aking mga atas administratibo, na siyang Aking ginagawaan, kung ano ang nais Kong gawin at kung ano ang nais Kong tapusin. Ito ay isang bagay na kailangang makamit ng bawat tao, dahil ito ang Aking atas administratibo. Tutuparin Ko ang Aking sinasabi. Walang sinuman ang dapat manuri nang basta-basta sa Aking mga salita; kailangang makita ng lahat ang mga prinsipyo sa likod ng Aking mga gawa sa pamamagitan ng Aking mga salita, at mula sa Aking mga salita ay malaman kung ano ang Aking poot, kung ano ang Aking sumpa at kung ano ang Aking paghatol. Ang mga bagay na ito ay nakasalalay sa Aking mga salita at mga bagay na dapat makita ng bawat tao sa loob ng bawat isa sa Aking mga salita.

Kabanata 101

Hindi Ako magiging maluwag ni kaunti sa sinumang umaabala sa Aking pamamahala o naghahangad na sirain ang Aking mga plano. Dapat maunawaan ng lahat kung ano ang Aking ibig sabihin mula sa mga salitang Aking sinasabi, at dapat nilang malinaw na maunawaan ang Aking sinasabi. Dahil sa kasalukuyang kalagayan, dapat siyasatin ng bawat isa sa inyo ang iyong sarili: Anong klaseng papel ang ginagampanan mo? Nabubuhay ka ba para sa Aking kapakanan, o naglilingkod ka ba kay Satanas? Ang bawat pagkilos mo ba ay nagmumula sa Akin, o sa diyablo? Lahat ng ito ay dapat maging malinaw sa iyo upang maiwasan mong labagin ang Aking mga atas administratibo na makakapukaw ng Aking matinding galit. Sa paglingon sa nakaraan, ang mga tao ay palagi nang naging di-tapat at di-mapitagan sa Akin; naging walang galang sila, at higit pa roon, ipinagkanulo na nila Ako. Dahil sa mga ito, nahaharap ang mga taong ito sa Aking paghatol ngayon. Bagaman Ako ay mukhang isang tao lamang, ang lahat ng hindi Ko sinasang-ayunan (dapat ninyong maunawaan ang Aking ibig sabihin dito: Hindi ito tungkol sa kung gaano ka kaganda o gaano ka kaakit-akit, kundi kung ikaw ay Akin nang naitalaga at pinili) ay palalayasin Ko. Ito ay lubos na totoo. Ito ay dahil maaaring mukhang tao Ako sa panlabas, ngunit kailangan mong tumingin nang lampas sa Aking pagkatao upang makita ang Aking pagka-Diyos. Gaya ng maraming ulit Ko nang nasabi, “Ang normal na pagkatao at ganap na pagka-Diyos ay dalawang di-mapaghihiwalay na bahagi ng buong Diyos Mismo.” Gayunpaman, hindi pa rin ninyo Ako nauunawaan;

pinahahalagahan mo lamang iyang malabo mong Diyos. Kayo ay mga taong hindi nakauunawa ng mga espirituwal na bagay. Gayunman, ang gayong mga tao ay gusto pa ring maging Aking mga panganay na anak. Napakawalang hiya! Hindi nila nakikita kung ano talaga ang sarili nilang katayuan! Wala nga sila sa katayuan na maging Aking bayan, kaya paano sila maaaring maging Aking mga panganay na anak at maging mga haring kasama Ko? Hindi kilala ng gayong mga tao ang kanilang mga sarili; sila ay mga kauri ni Satanas, at hindi sila karapat-dapat na maging haligi sa Aking sambahayan, at lalong hindi sila karapat-dapat na maglingkod sa Aking harapan. Samakatuwid, isa-isa Ko silang aalisin, at isa-isa Kong ibubunyag ang kanilang mga totoong mukha.

Nagpapatuloy ang Aking gawain nang paisa-isang hakbang, nang hindi nahahadlangan at nang wala ni katiting na sagabal, dahil natamo Ko na ang tagumpay at dahil naghahari na Ako sa buong sansinukob. (Ang Aking tinutukoy ay na pagkatapos talunin ang diyablong si Satanas ay nabawi Ko nang muli ang Aking kapangyarihan.) Habang natatamo Ko ang lahat ng panganay na anak, ang bandila ng tagumpay ay tataas sa Bundok ng Sion. Ang ibig sabihin, ang Aking mga panganay na anak ang Aking bandila ng tagumpay, ang Aking kaluwalhatian, at ang Aking ipinagmamalaki; sila ay tanda na naipahiya Ko na si Satanas at sila ang pamamaraan kung paano Ako gumagawa. (Sa pamamagitan ng isang pangkat ng mga tao na ginawang tiwali ni Satanas pagkatapos na sila ay Aking naitalaga, ngunit bumalik muli sa Aking tabi, hinihiya Ko ang malaking pulang dragon at pinamumunuan ang lahat ng anak ng paghihimagsik.) Ang Aking mga panganay na anak ay naroroon kung saan naroroon ang Aking pagka-makapangyarihan sa lahat; sila ang Aking malaking tagumpay, na hindi mababago at hindi mapasusubalian. Sa pamamagitan nila ay makukumpleto Ko ang Aking plano ng pamamahala. Ito ang ibig Kong sabihin noon nang sinabi Ko na, “Sa pamamagitan ninyo na Aking pababalikin ang lahat ng bansa at lahat ng bayan sa harap ng Aking trono.” Ito rin ang tinutukoy Ko nang binigkas Ko ang mga salitang, “ang mabigat na pasanin sa inyong mga balikat.” Malinaw ba? Nauunawaan mo ba? Ang mga panganay na anak ang resulta ng Aking buong plano ng pamamahala; dahil dito, hindi Ako kailanman nakitungo nang mahinahon sa pangkat na ito, at palagi Ko silang dinidisciplina nang matindi (ang matinding pagdidisciplina na iyon ay ang mga paghihirap na pinagdurusahan sa mundo, ang mga kasawian ng mga pamilya, ang pang-iiwan ng mga magulang, mga asawang lalaki, mga asawang babae, at mga anak—sa madaling salita, ang pang-iiwan ng mundo at ang pagtalikod ng kapanahunan), at ito ang dahilan kung bakit mapalad kang makalapit sa harapan Ko ngayon. Ito ang sagot sa tanong na malimit na ninyong pinag-isipan: “Bakit hindi tinanggap ng ibang mga tao ang pangalang ito, ngunit tinanggap ko ito?” Ngayon ay alam na ninyo!

Ngayon, walang bagay ang katulad ng sa nakalipas. Ang Aking plano ng pamamahala ay gumagamit na ng mga bagong pamamaraan, ang Aking gawain ay mas naiiba kaysa noon, at ang Aking mga pahayag ay lalo pa ngayong hindi mapapantayan. Samakatuwid, paulit-ulit Ko nang nabigyang-diin na dapat kayong maglingkod sa Akin nang maayos

(sinasabing ito ay ang mga tagapagsilbi). Huwag ninyong tratuhin ang inyong mga sarili sa negatibong paraan, kundi panatilihin ang isang masigasig na paghahangad. Hindi ba kasiya-siya na magtamo ng kaunting biyaya? Ito ay hindi hamak na mas mabuti kaysa magdusa sa mundo. Sinasabi Ko sa iyo! Kung hindi ka naglilingkod sa Akin nang buong puso, bagkus ay nagrereklamo na hindi Ako naging matuwid, kung gayon ay bababa ka bukas sa Hades at sa impiyerno. Walang sinumang gustong mamatay nang maaga—hindi ba? Maging ang isang araw pa ng buhay ay isang araw na mahalaga, kaya iaalay mo ang iyong sarili nang buo sa Aking plano ng pamamahala at pagkatapos ay maghihintay para sa Aking paghatol sa iyo at maghihintay para sa Aking matuwid na pagkastigo na sumapit sa iyo. Huwag mong ipagpalagay na ang Aking sinasabi ay walang katuturan; nagsasalita Ako mula sa Aking pagkamakatuwiran at mula sa Aking disposisyon. Higit pa roon, kumikilos Ako na taglay ang Aking pagiging maharlika at pagkamakatuwiran. Sinasabi ng lahat ng tao na hindi Ako matuwid sapagkat hindi nila Ako kilala; malinaw itong pagpapahayag ng kanilang mga mapanghimagsik na disposisyon. Pagdating naman sa Akin, walang emosyon; sa halip, mayroon lamang pagkamakatuwiran, pagiging maharlika, paghatol, at poot. Habang mas tumatagal, mas makikita mo ang Aking disposisyon. Ang kasalukuyan ay isang yugto ng pagpapalit, at nagagawa lamang ninyong makita ang maliit na bahagi nito; nakikita lamang ninyo ang ilang bagay na ipinamamalas sa labas. Kapag lumitaw ang Aking mga panganay na anak, hahayaan Ko kayong makita ang lahat at maunawaan ang lahat. Ang lahat ng tao ay mapaniniwala sa kanilang mga puso at sa kanilang mga salita. Papagsalitin Ko kayo upang saksihan Ako, purihin Ako magpakailanman, at magpugay sa Akin hanggang magpasawalang-hanggan. Ito ay hindi maiiwasan at hindi mababago ninuman. Halos hindi ito mailarawan sa isip ng mga tao, at lalong hindi nila ito mapaniniwalaan.

Ang mga panganay na anak ay mas nalilinawan tungkol sa mga pangitain, at ang kanilang pag-ibig sa Akin ay lalong tumitindi. (Hindi ito romantikong pag-ibig, na siyang panunukso ni Satanas sa Akin at isang bagay na dapat na maaninag. Dahil dito, dati Ko nang binanggit na mayroong mga tao na nagpapakita ng kanilang alindog sa harapan Ko. Ang gayong mga tao ay sunud-sunuran kay Satanas, naniniwalang maaakit Ako sa kanilang mga itsura. Walang kahihyan! Sila ang pinakamababa sa mga hamak!) Gayunpaman, sa pamamagitan ng mga salitang sinambit Ko sa panahong ito, ang mga tao na hindi ang mismong mga panganay na anak ay nalalabuan nang nalalabuan sa mga pangitain at nawalan ng pananampalataya sa Aking persona. Pagkatapos noon, unti-unti silang nawawalan ng interes hanggang sa huli ay bumagsak sila. Hindi matutulungan ng mga taong ito ang mga sarili nila. Iyan ang layunin ng Aking sinasabi sa panahong ito; dapat na makita ito ng lahat (nagsasalita Ako sa mga panganay na anak), at sa pamamagitan ng Aking mga pahayag at mga pagkilos, pagmasdan ang Aking pagiging kamangha-mangha. Bakit sinasabi na Ako ang Prinsipe ng Kapayapaan, ang Amang Walang Hanggan, na Ako ang Kamangha-mangha, na Ako ang Tagapayo? Masyadong mababaw na ipaliwanag ito mula sa pananaw ng Aking pagkakakilanlan,

ang Aking mga pahayag, o mula sa Aking ginagawa; ni hindi ito karapat-dapat banggitin. Ang dahilan ng pagtawag sa Akin na Prinsipe ng Kapayapaan ay nag-uugat sa Aking kapangyarihang gawing ganap ang mga panganay na anak, sa Aking paghatol kay Satanas, at sa walang hangganang mga pagpapala na Aking naigawad na sa mga panganay na anak. Ibig sabihin niyan, tanging ang mga panganay na anak ang karapat-dapat na tumawag sa Akin na Prinsipe ng Kapayapaan, dahil mahal Ko ang Aking mga panganay na anak, at ang bansag na “Prinsipe ng Kapayapaan” ay dapat manggaling sa kanilang mga bibig. Para sa kanila, Ako ang Prinsipe ng Kapayapaan. Sa Aking mga anak at Aking bayan, kilala Ako bilang ang Amang Walang Hanggan. Dahil sa pag-iral ng Aking mga panganay na anak, at dahil kaya nilang hawakan ang kapangyarihan ng paghahari kasama Ko at pangasiwaan ang lahat ng bansa at lahat ng bayan (ang ibig sabihin, ang mga anak at mga tao), dapat Akong tawagin ng mga anak at ng mga tao na Amang Walang Hanggan—nangangahulugang ang Diyos Mismo, na nasa ibabaw ng mga panganay na anak. Ako ang Kamangha-mangha sa hindi mga anak, bayan, o mga panganay na anak. Dahil sa pagiging kamangha-mangha ng Aking gawain, hindi Ako nakikita ni bahagya ng mga di-mananampalataya (dahil tinalukbungan Ko ang kanilang mga mata), at hindi nila malinaw na nakikita ang Aking gawain. Kaya para sa kanila, Ako ang Kamangha-mangha. Sa lahat ng diyablo at kay Satanas, Ako ang Tagapayo, sapagkat ang lahat ng Aking ginagawa ay nagsisilbing panghihiya sa kanila; lahat ng Aking ginagawa ay para sa Aking mga panganay na anak. Ang bawat hakbang Ko ay maayos na naisasagawa at natatamo Ko ang tagumpay sa bawat hakbang. Higit pa roon, nakikita Ko ang lahat ng pakana ni Satanas at ginagamit ang mga iyon para maglingkod sa Akin, ginagawa itong isang bagay na magsisilbi sa Aking mga layunin mula sa negatibong panig. Ito ang ibig sabihin ng Aking pagiging “ang Tagapayo,” na hindi mababago ninuman at walang sinuman ang ganap na makauunawa. Ngunit pagdating sa Aking persona, Ako ang Prinsipe ng Kapayapaan, at ang Amang Walang Hanggan, gayundin ang Tagapayo at ang Kamangha-mangha. Walang anuman dito na hindi totoo. Ito ay isang di-mapabubulaanan at di-mababagong katotohanan!

Napakarami Kong sasabihin; sadyang walang pagkukumparang magagamit. Samakatuwid, kailangan Ko kayong maging matiisin at maghintay. Anuman ang gawin ninyo, huwag kayong umalis basta-basta. Sapagkat ang inyong naunawaan sa nakaraan ay lipas na ngayon, hindi na ito mailalapat, at ang kasalukuyan ay isang panahon ng pagbabago—gaya ng pagpapalit ng mga dinastiya. Dahil dito, kailangan Ko kayo na baguhin ang inyong pag-iisip at iwaksi ang mga dati ninyong kuru-kuro. Ito ang tunay na kahulugan ng “pagsusuot ng banal na balabal ng pagkamakatuwiran.” Ako lamang ang makapagpapaliwanag ng sarili Kong mga salita, at Ako lamang ang nakaaalam kung ano ang Aking gagawin. Samakatuwid, tanging ang Aking mga salita ang walang dumi at ang kabuuan ng Aking nilalayon, at samakatuwid ito ay pagsusuot ng banal na balabal ng pagkamakatuwiran. Ang pagkaunawa ng isipan ng tao ay guni-guni lamang; ang pagkaunawa ng tao ay hindi dalisay at hindi kayang kamtin ang Aking mga layunin.

Samakatuwid, Ako Mismo ang nagsasalita, at Ako Mismo ang nagpapaliwanag, at ito ang ibig Kong sabihin nang sinabi Ko na, “Ako Mismo ang gumagawa ng gawain.” Ito ay isang bahagi ng Aking plano ng pamamahala na hindi maaaring mawala, at dapat Akong luwalhatiin at papurihan ng lahat ng tao. Tungkol naman sa pag-unawa ng Aking mga salita, hindi Ko pa kailanman naibigay ang kapangyarihang iyon sa mga tao, ni wala man lamang silang kakayahan para diyan. Isa ito sa Aking mga pamamaraan para hiyain ang diyablo. (Kung naunawaan ng mga tao ang Aking mga pahayag at kung magagawa nilang siyasatin ang Aking mga layunin sa bawat hakbang, kung gayon ay maaaring angkinin ni Satanas ang mga tao kung kailan man nito gusto, at bunga nito, ang mga tao ay babaling laban sa Akin at gagawing imposible na makamit ang Aking layunin sa pagpili ng mga panganay na anak. Kung naunawaan Ko ang bawat hiwaga, at ang Aking persona ay makabibigkas ng mga pahayag na walang sinuman ang makaaarok, maaari rin Ako, kung gayon, na maangkin ni Satanas. Ito ang dahilan kung bakit kapag nasa katawang-tao Ako ay hindi Ako higit sa karaniwan ni bahagya.) Kinakailangan ng bawat tao na maunawaan nang malinaw ang kabuluhan ng mga salitang ito at sundan ang ginagawa Ko. Huwag ninyong subukang unawain ang malalalim na salita at mga doktrina nang mag-isa.

Kabanata 102

Nakapagsalita na Ako hanggang sa isang antas at umabot na sa isang punto ang Aking gawain; dapat na maunawaan ng bawat isa sa inyo ang Aking kalooban at sa magkakaibang antas ay magawang isaalang-alang ang Aking pasanin. Ngayon ang punto ng pagbabago kung kailan lumilipat ang laman patungo sa espirituwal na mundo—kayo ang mga nauunang tumatawid sa mga kapanahunan, ang mga tao ng sansinukob na bumabagtas sa sansinukob at sa mga dulo ng mundo. Kayo ang Aking pinakamamahal; kayo ang Aking mga minamahal. Masasabi na wala Akong ibang minamahal kundi kayo, dahil lahat ng Aking matinding pagsisikap ay para sa inyo. Maaari kayang hindi ninyo alam iyan? Bakit Ko lilikhain ang lahat ng bagay? Bakit Ko imamaniobra ang lahat ng bagay para paglingkuran kayo? Lahat ng pagkilos na ito ay mga pagpapahayag ng Aking pag-ibig para sa inyo. Ang mga bundok at ang lahat ng bagay sa mga bundok, ang lupa at ang lahat ng bagay sa lupa ay nagpupuri sa Akin at lumuluwalhati sa Akin dahil nakamit Ko na kayo. Tunay nga, nagawa na ang lahat; higit pa roon, ganap nang nagawa ang lahat. Matunog na kayong nakapagpatotoo sa Akin, at hiniya na ninyo ang mga diyablo at si Satanas para sa Akin. Lahat ng tao, pangyayari, at bagay-bagay sa labas Ko ay nagpapasakop sa Aking awtoridad, at lahat ay sumusunod sa sarili nilang uri dahil sa kaganapan ng Aking plano ng pamamahala (Ang Aking bayan ay nabibilang sa Akin, at ang kauri ni Satanas ay nabibilang lahat sa lawa ng apoy—nahuhulog sila sa walang-hanggang kalaliman, kung saan tatangis

sila nang walang hanggan at mapapahamak magpakailanman). Kapag sinasabi Kong “kapahamakan” at “magmula noon, kinukuha ang kanilang espiritu, kaluluwa, at katawan,” tinutukoy Ko ang pagpasa sa kanila kay Satanas at pagpapahintulot na mayurakan sila. Sa madaling salita, lahat ng hindi sa Aking sambahayan ay magiging mga layon ng pagkawasak at hindi na iiral ang mga ito. Hindi ito nangangahulugan, gaya ng naguguni-guni ng mga tao, na maglalaho ang mga ito. Masasabi ring ang lahat ng nasa labas Ko, sa Aking opinyon, ay hindi umiiral, at ito ang tunay na kahulugan ng kapahamakan. Sa mata ng tao, mukha pa ring umiiral ang mga bagay na ito, nguni’t sa Aking pananaw, wala na ang mga ito at magpasawalang-hanggan nang mapapahamak. (Binibigyang-diin Ko na ang mga hindi Ko na ginagawaan ay nasa labas Ko.) Sa mga tao, paano man sila mag-isip, hindi nila ito maintindihan, at gaano man kalinaw ang paningin nila, hindi nila ito maarok. Hindi malinaw na makauunawa ang mga tao maliban na lang kung bibigyang-liwanag Ko sila, tatanglawan Ko sila, at tuwiran Ko itong ituturo sa kanila. Bukod pa roon, lahat sila ay nalalabuan nang nalalabuan tungkol dito, lalo’t lalong nakararamdam ng kahungkagan, at lalo’t lalong nakararamdam na walang landas na susundan—halos parang mga patay na tao na sila. Sa ngayon, karamihan sa mga tao (ibig sabihin, lahat maliban sa mga panganay na anak) ay nasa kalagayang ito. Napakalinaw Ko nang itinuro ang mga bagay na ito ngunit walang kibo ang mga taong ito at pinahahalagahan pa rin nila ang mga makalaman nilang kasiyahan. Kumakain sila at natutulog pagkatapos; natutulog sila at kumakain pagkatapos. Hindi nila pinagninilayan ang Aking mga salita. Mapasigla man sila, ito ay panandalian lamang; pagkatapos, gaya pa rin sila ng dati, ganap na hindi nabago, na para bang ni hindi sila nakinig sa Akin. Ang mga ito ang karaniwang walang-silbing mga tao na walang mga pasanin; sila ang pinakahalatang manghuhuthot. Kalaunan, tatalikdan Ko sila isa-isa; huwag mag-alala! Isa-isa Ko silang pababalikin sa walang-hanggang kalaliman. Hindi kailanman gumawa ang Banal na Espiritu sa ganitong uri ng mga tao, at lahat ng ginagawa nila ay mula sa mga kaloob na natanggap nila. Kapag sinasabi Kong mga kaloob, ang ibig Kong sabihin ay na ang mga ito ay mga taong walang buhay, na Aking mga tagapagsilbi; hindi Ko gusto ang sinuman sa kanila at aalisin Ko sila (ngunit sa ngayon, medyo may gamit pa rin sila). Kayong mga tagapagsilbi, makinig kayo! Huwag mong isipin na ang paggamit Ko sa iyo ay nangangahulugan na pinapaboran kita; hindi ito ganoon kasimple. Kung gusto mong paboran kita, dapat kang maging isang taong sinasang-ayunan Ko at dapat kang maging isa na personal Kong pineperpekto. Ito ang uri ng tao na Aking minamahal. Kahit na sabihin pa ng mga taong nagkamali Ako, hindi Ako kailanman uurong. Alam ba ninyo ito? Yaong mga naglilingkod ay mga baka at mga kabayo lamang; paano sila magiging Aking mga panganay na anak? Hindi ba iyan magiging kalokohan? Hindi ba iyan magiging paglabag sa mga batas ng kalikasan? Sinumang nagtataglay ng Aking buhay at ng Aking katangian, sila ang Aking mga panganay na anak. Ito ay isang makatwirang bagay; walang makapagpapasubali rito. Dapat maging ganoon; kung hindi, walang sinumang makagaganap ng papel na ito, at

walang sinumang makahahalili rito. Hindi ito isang bagay na ginagawa mula sa emosyon, dahil Ako ang matuwid na Diyos Mismo; Ako ang banal na Diyos Mismo. Ako ang maringal at di-naagrabyadong Diyos Mismo!

Lahat ng imposible para sa mga tao ay maayos at malayang tumatakbo para sa Akin. Walang sinumang makapipigil nito, at walang sinumang makapagbabago nito. Ang mundong ito, sa buong nitong kalakhan, ay ganap na nasa Aking mga kamay, pati na ang maliit na diyablong si Satanas. Kung hindi dahil sa Aking plano ng pamamahala, at kung hindi dahil sa Aking mga panganay na anak, matagal Ko na sanang winasak itong matandang kasamaan na ito pati na rin ang malaswang kapanahunang ito na lipos ng masangsang na amoy ng kamatayan. Ngunit kumikilos Ako nang maayos at hindi Ako basta-basta nagsasalita. Sa sandaling sabihin Ko ang isang bagay, ito ay matutupad; at kahit pa hindi ganoon, palaging mayroong aspeto ng Aking karunungan, na siyang tutupad ng lahat para sa Akin at magbubukas ng daan para sa Aking mga pagkilos. Ito ay dahil ang Aking mga salita ay Aking karunungan; ang Aking mga salita ang lahat-lahat. Ang mga tao ay pangunahing nabibigong maunawaan ang mga iyon, at hindi malaman ang mga iyon. Malimit Kong tinutukoy ang “lawa ng apoy.” Ano ang ibig sabihin niyan? Ano ang pagkakaiba nito sa lawa ng apoy at asupre? Ang lawa ng apoy at asupre ay tumutukoy sa impluwensya ni Satanas, samantalang ang lawa ng apoy ay tumutukoy sa buong mundong sakop ni Satanas. Bawat tao sa mundo ay sakop ng pag-aalay sa lawa ng apoy (ibig sabihin, lalo’t lalo silang nagiging tiwali at kapag umabot na ang kanilang katiwalian sa isang antas, isa-isa Ko silang wawasakin, na madali Kong magagawa sa pagbigkas lamang ng isang salita). Mas matindi ang Aking poot, mas matindi ang paglagablab ng apoy sa buong lawa ng apoy. Tumutukoy ito sa kung paanong ang mga tao ay pasama nang pasama. Ang panahon na sumabog ang Aking poot ay magiging ang panahon din kung kailan sasabog ang lawa ng apoy; ibig sabihin, iyon ang magiging panahon kung kailan mapapahamak ang buong mundo ng sansinukob. Sa araw na iyon, ang Aking kaharian ay lubusang maisasakatuparan sa lupa at magsisimula ang isang bagong buhay. Ito ay isang bagay na malapit nang matupad. Sa oras na sabihin Ko iyon, ang lahat ay ganap na makikita. Ito ang pananaw ng tao sa bagay na ito, ngunit sa Aking pananaw, pauna nang natapos ang mga bagay-bagay, sapagkat madali ang lahat para sa Akin. Magsalita lamang Ako at ito ay nagagawa; magsalita lamang Ako at ito ay naitatag.

Bawat araw, kinakain ninyo ang Aking mga salita, tinatamasa ang katabaan sa Aking templo, iniinom ang tubig mula sa Aking ilog ng buhay, at pinipitas ang bunga ng Aking punong kahoy ng buhay. Ano, kung gayon, ang katabaan sa Aking templo? Ano ang tubig ng Aking ilog ng buhay? Ano ang punong kahoy ng buhay? Ano ang bunga ng punong kahoy ng buhay? Bagamat maaaring karaniwan ang mga pariralang ito, hindi pa rin kayang maintindihan ang mga ito ng lahat ng tao, na nalilitong lahat. Iresponsable nilang sinasalita ang mga iyon, ginagamit ang mga iyon nang walang ingat, at inilalapat ang mga iyon nang sapalaran. Ang katabaan sa templo ay hindi tumutukoy sa mga

salitang Akin nang binigkas ni sa biyayang Akin nang ibinigay sa inyo. Ano, kung gayon, ang totoong ibig sabihin nito? Simula pa noong sinaunang panahon, wala pang sinumang naging sapat na mapalad na matamasa ang katabaan sa Aking templo. Tanging sa mga huling araw, sa Aking mga panganay na anak, makikita ng mga tao kung ano itong katabaan sa Aking templo. Ang “templo” sa pariralang ito ay tumutukoy sa Aking persona; tumutukoy ito sa Bundok ng Sion, ang Aking tahanan. Kung wala ang Aking pahintulot, walang sinumang makapapasok o makalalabas dito. Ano ang tinutukoy ng “katabaan”? Tumutukoy ito sa pagpapala na magawang maghari kasama Ko sa katawan. Sa pangkalahatang pananalita, tumutukoy ito sa pagpapala ng mga panganay na anak na magawang maghari kasama Ko sa katawan, at hindi ito mahirap unawain. Ang tubig ng ilog ng buhay ay may dalawang kahulugan: Sa isang banda, tumutukoy ito sa tubig na buhay na dumadaloy mula sa loob Ko—ang ibig sabihin, sa bawat salitang lumalabas mula sa Aking bibig. Sa kabilang banda, tumutukoy ito sa karunungan at istrategiya na nasa likod ng Aking mga pagkilos, gayundin sa kung ano Ako at anong mayroon Ako. Nagtataglay ang Aking mga salita ng walang-katapusan at nakatagong mga hiwaga (at na ang mga hiwaga ay hindi na natatago ay binabanggit nang may pagkakaiba sa nakaraan, nguni’t kumpara sa hayagang pagbubunyag na magaganap sa hinaharap, ang mga iyon ay natatago pa rin. Dito, ang “pagiging natatago” ay hindi ganap; ito ay depende). Sa ibang salita, ang tubig ng ilog ng buhay ay laging umaagos. Sa Akin ay may walang-hanggang karunungan, at lubusang hindi matatarok ng mga tao kung ano Ako at kung ano ang mayroon Ako; ibig sabihin, ang tubig ng ilog ng buhay ay laging umaagos. Sa pananaw ng tao, maraming uri ng pisikal na punong kahoy, ngunit walang sinuman ang nakakita na kahit kailan sa punong kahoy ng buhay. Gayunpaman, bagaman nakikita ito ngayon ng mga tao, hindi pa rin nila ito nakikilala—ngunit sila ay nagsasalita tungkol sa pagkain mula sa punong kahoy ng buhay. Talagang nakakatawa! Kakain sila mula rito nang walang-patumangga! Bakit Ko sinasabi na nakikita ito ngayon ng mga tao ngunit hindi ito nakikilala? Bakit Ko sinasabi iyan? Nauunawaan mo ba ang kahulugan ng Aking mga salita? Ang praktikal na Diyos Mismo ng ngayon ay ang persona na Ako, at Siya ang punong kahoy ng buhay. Huwag kayong gumamit ng mga kuru-kuro ng tao para sukatin Ako. Sa panlabas, hindi Ako mukhang punong kahoy, ngunit alam ba ninyo na Ako talaga ang punong kahoy ng buhay? Ang Aking bawat galaw, ang Aking pananalita, at ang Aking ugali ang bunga ng punong kahoy ng buhay, at ang mga iyon ang Aking persona—ang mga iyon ang dapat kainin ng Aking mga panganay na anak, nang kalaunan, tanging ang Aking mga panganay na anak at Ako ang magiging eksaktong magkapareho. Magagawa nilang isabuhay Ako at magpatotoo sa Akin. (Ang mga ito ay mga bagay na mangyayari pagkatapos naming pumasok sa espirituwal na mundo. Sa katawan lamang kami maaaring maging eksaktong pareho; sa katawang tao, maaari lamang kaming maging medyo magkapareho, ngunit mayroon pa rin kaming mga sarili naming gusto.)

Hindi Ko lamang ibubunyag ang Aking kapangyarihan sa Aking mga panganay na

anak, kundi Akin din itong ibubunyag sa kanilang pangangasiwa sa lahat ng bansa at lahat ng bayan. Ito ay isang hakbang ng Aking gawain. Ngayon ang susi, at bukod pa roon, ngayon ang punto ng pagbabago. Kapag ang lahat ay natupad na, makikita ninyo kung ano ang ginagawa ng Aking mga kamay, at makikita ninyo kung paano Ako magplano at mamahala—ngunit hindi ito isang malabong bagay. Ayon sa mga kalakaran ng bawat bansa sa mundo, hindi ito gaanong malayo; ito ay isang bagay na hindi maguni-guni ng mga tao, at higit pa roon, isa itong bagay na hindi nila makini-kinita. Kayo ay lubusang hindi dapat maging walang ingat o pabaya, nang sa gayon ay hindi ninyo mapalampas ang pagkakataong mapagpala at magantimpalaan. Ang inaasahang kaharian ay natatanaw na, at ang buong mundo ay unti-unti nang namamatay. Mula sa walang-hanggang kalaliman at mula sa lawa ng apoy at asupre ay lumalabas ang mga bugso ng tunog ng pagtangis, na nanghihilakbot sa mga tao at nagpaparamdam sa kanila ng takot at na wala na silang mapagtataguan. Sinumang pinili sa Aking pangalan at pagkatapos ay inalis ay mapupunta sa walang hanggang hukay. Kaya gaya ng nasabi Ko na nang maraming ulit, itatapon Ko ang mga palalayasin Ko sa walang hanggang hukay. Kapag nawasak na ang buong mundo, ang lahat nang nawasak ay babagsak sa lawa ng apoy at asupre. Sa madaling salita, malilipat ang mga ito mula sa lawa ng apoy papunta sa lawa ng apoy at asupre. Sa panahong iyon, ang lahat ng tao ay natukoy na kung para ba sa walang-hanggang pagkawasak (ibig sabihin, lahat ng nasa labas Ko) o para sa walang-hanggang buhay (ibig sabihin, lahat ng nasa loob Ko). Sa panahong iyon, Ako at ang Aking mga panganay na anak ay lalabas mula sa kaharian at papasok sa kawalang-hanggan. Ito ay isang bagay na matutupad kalaunan; kahit na sabihin Ko pa sa inyo ngayon, hindi ninyo mauunawaan. Maaari lamang ninyong sundan ang Aking pangunguna, lumakad sa Aking liwanag, samahan Ako sa Aking pag-ibig, maranasan ang kasiyahan kasama Ko sa Aking sambahayan, magharing kasama Ko sa Aking kaharian, at mamunong kasama Ko sa ibabaw ng lahat ng bansa at lahat ng bayan sa Aking awtoridad. Ang lahat ng nalarawan Ko na sa itaas ang bumubuo ng walang-katapusang mga pagpapala na ibinibigay Ko sa inyo.

Kabanata 103

Isang dumadagundong na tinig ang lumalabas, niyayanig ang buong sansinukob. Labis itong nakabibingi na hindi agad makaiwas ang mga tao. Ang ilan ay napatay, ang ilan ay winasak, at ang ilan ay hinatulan. Ito'y tanawing tunay na hindi pa nakita ng kahit sino man. Makinig na mabuti: Ang mga dagundong ng kulog ay may kasamang tunog ng pagtangis, at ang tunog na ito ay nagmumula sa Hades; mula ito sa impiyerno. Ito ang mapait na daing ng mga anak ng paghihimagsik na nahatulan Ko na. Yaong mga hindi nakinig sa Aking sinasabi at hindi isinagawa ang Aking mga salita ay malubha nang hinatulan at tumanggap ng sumpa ng Aking poot. Ang Aking tinig ay paghatol at poot;

hindi Ko niluluwagan at pinapakitaan ng habag ang sinuman, sapagkat Ako ang matuwid na Diyos Mismo, at Ako ay napopoot; Ako ay nanununog, naglilinis, at nangwawasak. Sa Akin ay walang natatago o madamdamin, bagkus lahat ay bukas, matuwid, at walang kinikilingan. Dahil ang Aking mga panganay na anak ay kasama Ko na sa trono, namumuno sa lahat ng bansa at lahat ng bayan, yaong di-makatarungan at di-matuwid na mga bagay at mga tao ay sinisimulan nang mahatulan ngayon. Sisiyasatin Ko sila nang isa-isa, walang nilalagpasan at ibinubunyag sila nang ganap. Sapagkat ang Aking paghatol ay lubusan nang nabunyag at lubusan nang bukas, at wala Akong itinira ni anuman; itatapon Ko ang anumang hindi nakaayon sa Aking kalooban at hahayaan itong mapahamak nang walang-hanggan sa walang-hanggang kalaliman. Hahayaan Ko itong masunog doon nang walang-hanggan. Ito ang Aking katuwiran, at ito ang Aking pagkamatuwid. Walang sinumang makapagbabago nito, at lahat ay dapat na nasa ilalim ng Aking pamumuno.

Binabalewala ng karamihan ng mga tao ang Aking mga pahayag, iniisip na ang mga salita ay mga salita lamang at ang mga katunayan ay mga katunayan. Sila ay bulag! Hindi ba nila alam na Ako ang tapat na Diyos Mismo? Ang Aking mga salita at mga katunayan ay nagaganap nang sabay. Hindi ba ito talaga ang totoo? Hindi talaga nauunawaan ng mga tao ang Aking mga salita, at yaon lamang mga naliwanagan na ang tunay na makauunawa. Katotohanan ito. Sa sandaling nakikita ng mga tao ang Aking mga salita, takot na takot sila at nagtatatakbo kung saan-saan upang magtago. Lalo pang mangyayari ito kapag dumating na ang Aking paghatol. Noong Aking nilikha ang lahat ng bagay, kapag Aking winasak ang mundo, at kapag ginawa Kong ganap ang mga panganay na anak—lahat ng bagay na ito ay natutupad sa pamamagitan ng isang salita mula sa Aking bibig. Ito'y dahil ang Aking salita mismo ang awtoridad; ito ang paghatol. Masasabi na ang Aking persona ay ang paghatol at ang kamahalan; ito ay isang di-mababagong katunayan. Ito ay isang aspeto ng Aking mga atas administratibo; ito'y isang paraan lamang para Aking hatulan ang mga tao. Sa Aking mga mata, lahat—kasama ang lahat ng tao, lahat ng pangyayari, at lahat ng bagay—ay nasa Aking mga kamay at nasa ilalim ng Aking paghatol. Walang sinuman at walang anuman ang nangangahas na umasal nang magaspang o walang pagpapasakop, at lahat ay dapat na matupad nang naaayon sa mga salita na Aking binibigkas. Mula sa loob ng mga kurukuro ng mga tao, ang bawat isa ay naniniwala sa mga salita ng Aking persona. Kapag ang Aking Espiritu ay nagbibigay-tinig, ang lahat ng tao ay nagdududa. Ang mga tao'y wala ni katiting na kaalaman ng Aking pagka-makapangyarihan sa lahat, at gumagawa pa sila ng mga pagbibintang laban sa Akin. Sinasabi Ko sa iyo ngayon, sinuman na nag-aalinlangan sa Aking mga salita, at sinumang humahamak sa Aking mga salita, ang mga ito ang siyang wawasakin; sila ang mga walang-hanggang anak ng kapahamakan. Mula rito ay makikitang napakakaunti lamang yaong mga panganay na anak dahil ito ang Aking paraan ng paggawa. Gaya ng sinabi Ko noon, nagagawa Ko ang lahat nang hindi man lamang ginagalaw ang isa mang daliri, bagkus ginagamit Ko lamang ang Aking

mga salita. Dito, kung gayon, namamalagi ang Aking pagiging makapangyarihan sa lahat. Sa Aking mga salita, walang sinuman ang makakakita sa pinagmumulan at sa layunin ng Aking sinasabi. Hindi ito makakamit ng mga tao, at maaari lamang silang kumilos habang sumusunod sa Aking pangunguna, at gawin ang lahat ng bagay nang tugma sa Aking kalooban ayon sa Aking katuwiran, na nagdudulot sa Aking pamilya na magkaroon ng katuwiran at kapayapaan, mabuhay magpakailanman, at maging matibay at di-natitinag magpakailanman.

Ang paghatol Ko'y dumarating sa lahat, ang Aking mga atas administratibo ay umaabot sa bawat isa, at ang Aking mga salita at Aking persona ay ibinubunyag sa bawat isa. Ito ang panahon para sa dakilang gawain ng Aking Espiritu (sa panahong ito, yaong mga pagpapalain at yaong mga magdurusa ng kasamaang-palad ay ibinubukod sa bawat isa). Sa sandaling ang Aking mga salita ay lumabas, napag-iba Ko na yaong mga pagpapalain, gayundin yaong mga magdurusa ng kasamaang-palad. Malinaw na malinaw ang lahat ng ito, at nakikita Kong lahat sa isang sulyap. (Sinasabi Ko ito hinggil sa Aking pagkatao; kaya hindi sinasalungat ng mga salitang ito ang Aking katalagahan at pagpili.) Gumagala Ako sa mga kabundukan at mga ilog at sa lahat ng bagay, sa kalawakan ng sansinukob, pinagmamasdan at nililinis ang bawat lugar nang sa gayon yaong maruruming lugar at yaong malalaswang lupain ay hindi na iiral lahat at masusunog tungo sa kawalan dahil sa Aking mga salita. Para sa Akin, madali ang lahat ng bagay. Kung ngayon ang oras na Aking paunang itinalaga na wasakin ang mundo, maaari Ko itong lulunin sa pagbigkas ng isang salita. Gayunpaman, hindi ngayon ang oras. Lahat ay dapat maging handa bago Ko gawin ang gawaing ito, upang hindi magambala ang Aking plano at hindi maantala ang Aking pamamahala. Alam Ko kung paano ito gawin nang makatwiran; mayroon Ako ng Aking karunungan at mayroon Ako ng sarili Kong pagsasaayos. Hindi dapat gumalaw ang mga tao kahit isang daliri; maging maingat na hindi mapatay sa Aking kamay. Umabot na ito sa Aking mga atas administratibo. Mula rito ay makikita ang kabagsikan ng Aking mga atas administratibo, gayundin ang mga prinsipyo sa likod ng mga ito, na mayroong dalawang panig sa mga ito: Sa isang banda, pinapatay Ko ang lahat ng hindi nakaayon sa Aking kalooban at lumalabag sa Aking mga atas administratibo; sa kabilang banda, sa Aking poot ay isinusumpa Ko ang lahat ng lumalabag sa Aking mga atas administratibo. Hindi maaaring mawala ang dalawang aspeto na ito, at siyang mga prinsipyo sa pamamalakad sa likod ng Aking mga atas administratibo. Bawat tao ay pinamamahalaan ayon sa dalawang prinsipyong ito, nang walang damdamin, kahit na gaano pa katapat ang isang tao. Ito ay sapat na upang ipakita ang Aking katuwiran, ang Aking kamahalan, at ang Aking poot, na susunog sa lahat ng makalupang bagay, lahat ng makamundong bagay, at lahat ng bagay na hindi nakaayon sa Aking kalooban. Mayroong mga hiwagang nananatiling nakatago sa Aking mga salita, at mayroon ding mga hiwagang nabunyag na sa Aking mga salita. Kaya, sang-ayon sa pantaong kuru-kuro, at sa isipan ng tao, ang Aking mga salita ay magpakailanmang di-mauunawaan at ang Aking puso ay

magpakailanmang di-maaarok. Sa madaling salita, dapat Kong alisin sa mga tao ang kanilang mga kuru-kuro at pag-iisip. Ito ang pinakamahalagang bagay sa Aking plano ng pamamahala. Kailangang gawin Ko ito sa ganitong paraan upang makamit ang Aking mga panganay na anak at upang matupad ang mga bagay na gusto Kong gawin.

Ang mga sakuna sa mundo ay tumitindi sa bawat araw, at sa Aking tahanan, ang mga malalang sakuna ay patindi nang patindi. Ang mga tao ay tunay na walang mapagtataguan, wala nang lugar na maikukubli nila ang kanilang mga sarili. Dahil ang pagpapalit ay nagaganap na ngayon, hindi alam ng mga tao kung saan sila susunod na hahakbang. Magiging hayag lamang ito pagkatapos ng Aking paghatol. Tandaan! Ito ang mga hakbang sa Aking gawain, at ito ang paraan ng Aking paggawa. Para sa lahat ng Aking mga panganay na anak, aaliwin Ko silang isa-isa, itataas Ko sila nang paisa-isang hakbang; para naman sa mga tagapagsilbi, aalisin at tatalikuran Ko silang isa-isa. Ito ay isang bahagi ng Aking plano ng pamamahala. Pagkatapos na ang lahat ng tagapagsilbi ay naibunyag na, ang Aking mga panganay na anak ay ibubunyag din. (Para sa Akin, ito ay napakadali. Pagkatapos nilang marinig ang Aking mga salita, ang lahat ng tagapagsilbi ay unti-unting uurong sa harap ng paghatol at banta ng Aking mga salita, at tanging ang Aking mga panganay na anak ang matitira. Ito ay hindi isang bagay na kusang-loob at hindi rin ito mababago ng kalooban ng tao; bagkus, ito ay ang Aking Espiritu na personal na gumagawa.) Ito ay hindi isang malayong pangyayari, at kahit papaano ay dapat ninyong mahiwatigan ito mula sa loob ng yugtong ito ng Aking gawain at ng Aking mga salita. Kung bakit Ako magsasalita nang ganoon karami at ang pagiging di-mahuhulaan ng Aking mga pagpapahayag ay hindi mawari ng mga tao. Nagsasalita Ako sa Aking mga panganay na anak sa tono ng pang-aaliw, pagkahabag, at pag-ibig (dahil palagi Kong nililiwanagan ang mga taong ito at hindi Ko sila iiwan, dahil itinalaga Ko sila), habang isinasailalim Ko ang mga tao bukod sa Aking mga panganay na anak sa matinding paghatol, sa mga banta, at sa pananakot, na ginagawa silang laging takot hanggang sa puntong lagi silang kinakabahan. Kapag umabot na ang sitwasyon sa isang punto, tatakas sila mula sa kalagayang ito (kapag Aking winasak ang mundo, ang mga taong ito ay mapupunta sa walang-hanggang kalaliman), ngunit hindi nila kailanman matatakas ang Aking kamay ng paghatol, at hindi sila kailanman makalalaya sa sitwasyong ito. Ito, kung gayon, ang paghatol sa kanila; ito ang pagkastigo sa kanila. Sa araw na dumating ang mga banyaga, ibubunyag Ko ang mga taong ito nang isa-isa. Ito ang mga hakbang sa Aking gawain. Ngayon, nauunawaan na ba ninyo ang layunin sa likod ng nakaraang mga pagbigkas Ko ng mga salitang iyon? Sa Aking palagay, ang isang bagay na hindi natupad ay isa ring bagay na natupad na, ngunit ang isang bagay na natupad na ay hindi nangangahulugang isang bagay na nakamit na. Ito'y dahil mayroon Ako ng Aking karunungan, at mayroon Ako ng Aking paraan ng paggawa, na talagang di-malilirip ng mga tao. Kapag nagkamit na Ako ng mga resulta sa hakbang na ito (kapag Akin nang naibunyag silang lahat na masasamang lumalaban sa Akin), sisimulan Ko naman ang

susunod na hakbang, dahil ang Aking kalooban ay hindi napipigilan at walang sinumang nangangahas na hadlangan ang Aking plano ng pamamahala at walang bagay na nangangahas na maglagay ng mga balakid—dapat silang umalis sa daan! Mga anak ng malaking pulang dragon, pakinggan ninyo Ako! Nagmula Ako sa Sion at nagkatawang-tao sa mundo upang makamit ang Aking mga panganay na anak, para hiyain ang inyong ama (ang mga salitang ito ay nakatuon sa mga inapo ng malaking pulang dragon), para tulungan ang Aking mga panganay na anak, at itama ang mga maling nagawa sa Aking mga panganay na anak. Kaya huwag na kayong maging mabagsik na muli; hahayaan Ko ang Aking mga panganay na anak na iayos kayo. Sa nakalipas, ang Aking mga anak ay tinakot at inapi, at yamang ang Ama ay humahawak ng kapangyarihan para sa mga anak, ang Aking mga anak ay magbabalik sa Aking mapagmahal na yakap, para hindi na muling matakot at maapi. Hindi Ako di-matuwid; ipinakikita nito ang Aking katuwiran, at ito ay tunay na “pagmamahal sa Aking minamahal at pagkamuhi sa Aking kinamumuhian.” Kung sinasabi ninyo na Ako ay di-matuwid, dapat kayong magmadaling umalis. Huwag kayong maging walang-kahihiyan at manghuthot sa Aking tahanan. Dapat kang magmadaling umuwi sa iyong tahanan para hindi Ko na kailangang makita ka. Ang walang-hanggang kalaliman ang inyong hantungan at doon kayo mananatili. Kung kayo ay nasa Aking tahanan, walang magiging lugar para sa inyo, dahil kayo ay mga hayop na pantrabaho; kayo ang mga kasangkapang Aking ginagamit. Kapag hindi Ko na kayo magagamit, itatapon Ko kayo sa apoy upang sunugin kayo. Ito ang Aking mga atas administratibo; kailangang gawin Ko ito sa paraang ito, at ito lamang ang nagpapakita kung paano Ako gumagawa at naghahayag ng Aking katuwiran at Aking kamahalan. Higit na mahalaga, ito lamang ang paraan na magpapahintulot sa Aking mga panganay na anak na magharing kasama Ko sa kapangyarihan.

Kabanata 104

Lahat ng tao, mga pangyayari, at mga bagay sa labas Ko ay lilipas tungo sa kawalan, samantalang lahat ng tao, mga pangyayari, at mga bagay sa loob Ko ay magkakamit ng lahat ng bagay mula sa Akin at papasok sa kaluwalhatian na kasama Ko, papasok sa Aking Bundok ng Sion, papasok sa Aking tahanan, at mabubuhay na kasama Ko magpakailanman. Aking nilikha ang lahat ng bagay sa simula, at tatapusin Ko ang Aking gawain sa huli. Ako rin ang mabubuhay at mamumuno magpakailanman bilang Hari. Samantalang nasa panahon ng pamamagitan, Akin ding pinangungunahan at inuutusan ang buong sansinukob. Walang sinumang makaaagaw ng Aking awtoridad, sapagkat Ako mismo ang nag-iisang Diyos. Bukod pa rito, Ako rin ay mayroong kapangyarihang ipasa ang Aking awtoridad sa Aking mga panganay na anak, upang sa gayon ay maaari silang magharing kasama Ko. Ang mga bagay na ito ay iiral magpasawalang-hanggan, at kailanman ay hindi maaaring mabago. Ito ang Aking atas administratibo. (Saanmang

dako Ko talakayin ang Aking atas administratibo ay tinutukoy Ko ang kung anong nangyayari sa Aking kaharian at iiral magpasawalang-hanggan at hindi kailanman maaaring mabago.) Bawat isa ay dapat mapapaniwala nang buong puso, at dapat na makita ang Aking dakilang kapangyarihan sa Aking mga iniibig. Walang makapagpapahiya sa Aking pangalan; ang sinomang gagawa nito ay dapat umalis dito! Ito ay hindi dahil sa Ako'y walang habag, kundi dahil ikaw ay hindi matuwid. Kung lalabagin mo ang Aking pagkastigo, kung gayon ay haharapin kita at paglalahuin kita magpakailanman. (Siyempre, ang lahat ng ito ay nakaukol sa mga taong hindi Ko panganay na mga anak.) Ang ganyang basura ay hindi tanggap sa Aking bahay, kaya magmadaling umalis dito! Huwag manatili nang isang minuto, o kahit nang isang segundo! Dapat mong gawin kung ano ang sinasabi Ko, kundi ay wawasakin kita sa isang salita. Mas mabuting huwag ka na ring manatiling nag-aalinlangan, at mas mabuting huwag ka na ring manatiling sumusubok na manlinlang. Kapag nasa harapan Ko, nag-iimbento ka ng mga walang-kabuluhan, at nagsisinungaling sa Aking mukha. Magmadali at umalis! Ang Aking panahon sa mga ganyang bagay ay limitado. (Kapag oras nang gumawa ng paglilingkod, ang mga taong ito ay gagawa ng paglilingkod, at kapag oras nang umalis, sila ay aalis. Ako'y gumagawa ng mga bagay-bagay nang may karunungan, hindi kailanman nahuhuli ni isang minuto o isang segundo; hindi ni katiting kailanman. Lahat ng Aking mga kilos ay matuwid at tumpak na tumpak.) Gayunman, pagdating sa mga panganay Kong anak, Ako ay walang-hanggang mapagparaya, at ang pagmamahal Ko sa inyo ay panghabang panahon, binibigyan kayo ng kakayahan na walang-hanggang magtamasa ng mabubuting pagpapala at walang-hanggang buhay kasama Ko. Pansamantala, hindi kayo kailanman magtitiis ng anumang kabiguan o sasailalim sa Aking paghatol. (Ito ay tumutukoy sa panahong nagsisimula na kayong magtamasa ng mga pagpapala.) Ito ang walang-hanggang pagpapala at ang pangako sa Aking mga panganay na anak noong likhain Ko ang mundo. Dapat ninyong makita ang Aking katuwiran diyan: minamahal Ko sila na Aking itinalaga, at kinamumuhian yaong Aking inabandona at inalis, magpakailan pa man.

Bilang Aking mga panganay na anak, dapat ninyong panghawakan ang inyong mga sariling tungkulin at matatag na tumayo sa inyong mga sariling katungkulan. Maging mga unang hinog na bunga na tinipon sa harap Ko at tanggapin ang Aking pansariling pagsusuri, nang sa gayon ay maisabuhay ninyo ang Aking maluwalhating wangis at nang ang liwanag ng Aking kaluwalhatian ay makasikat sa inyong mga mukha, upang ang Aking mga pagbigkas ay maikalat sa pamamagitan ng inyong mga bibig, upang ang Aking kaharian ay inyong mapamamahalaan, at upang ang Aking bayan ay inyong mapagharian. Dito ay binabanggit Ko ang “mga unang hinog na bunga,” gayundin ang mga salitang gaya ng “tinipon.” Ano ang “mga unang hinog na bunga”? Ayon sa kurukuro ng mga tao, kanilang iniisip na ang mga ito ay ang unang pangkat ng mga taong inagaw, o ang matatagumpay, o ang mga tao na mga panganay na anak. Lahat ng ito ay mga kamalian at mga maling pagkaunawa ng Aking mga salita. Ang mga unang hinog

na bunga ay ang mga tao na nakatanggap ng pahayag mula sa Akin at nagkamit ng awtoridad mula sa Akin. Ang mga salitang “unang hinog” ay tumutukoy sa pagiging pag-aari Ko, at sa pagiging itinalaga at pinili Ko. Ang “unang hinog” ay hindi nangangahulugan na “ang una sa magkakasunod.” Ang “mga unang hinog na bunga” ay hindi materyal na mga bagay na nakikita ng mga mata ng tao. Ang sinasabing “mga bunga” na ito ay tumutukoy sa mga bagay na naglalabas ng bango (ito ay simbolikong kahulugan); ibig sabihin, tumutukoy ito sa mga taong Ako ay isinasabuhay, ipinamamalas Ako, at nabubuhay kasama Ko magpakailan man. Kapag sinabi Kong “mga bunga,” tinutukoy Ko ang lahat ng Aking mga anak na lalaki at bayan, habang ang mga unang hinog na bunga ay tumutukoy sa mga panganay na anak na mamumuno bilang mga haring kasama Ko. Samakatuwid, ang “unang hinog” ay dapat na maipaliwanag bilang nagtataglay ng awtoridad; iyan ang tunay na kahulugan nito. Ang “matipon” ay hindi nangangahulugan na madadala mula sa isang mababang lugar patungo sa isang mataas na lugar, gaya ng maaaring iniisip ng mga tao; malaking pagkakamali iyan. Ang “matipon” ay tumutukoy sa Aking pagtatalaga at pagkatapos ay pagpili. Nakaukol ito sa lahat ng Aking itinalaga at pinili. Lahat ng tinipon ay ang mga taong nagkamit ng katayuan ng pagiging mga panganay na anak, o ang bayan ng Diyos. Lubha itong hindi tugma sa mga kuru-kuro ng mga tao. Sila na magkakaroon ng bahagi sa Aking bahay sa hinaharap ay ang lahat ng natipon sa Aking harapan. Ito ay walang pasubaling totoo, hindi nagbabago kailanman, at hindi maaaring pabulaanan. Ito ang Aking ganting-atake laban kay Satanas. Sinumang Aking itinalaga ay matitipon sa harap Ko.

Paano ipaliliwanag ng isang tao ang “banal na trumpeta”? Ano ang inyong pagkaunawa rito? Bakit ito sinasabing banal at pinatunog na? Ito ay dapat ipaliwanag mula sa mga hakbang ng Aking gawain at maunawaan mula sa paraan ng Aking gawain. Ang panahon na ihahayag sa publiko ang Aking paghatol ay kung kailan ang Aking disposisyon ay mabubunyag sa lahat ng bansa at tao. Iyan ang sandali na ang banal na trumpeta ay patutunugin. Ibig sabihin, palagi Kong sinasabi na ang Aking disposisyon ay banal at hindi nalalabag, na siyang dahilan kung bakit “banal” ang ginagamit upang ilarawan ang “trumpeta.” Mula rito ay makikita na ang “trumpeta” ay tumutukoy sa Aking disposisyon at kumakatawan sa kung ano Ako at kung anong mayroon Ako. Masasabi rin na ang Aking paghatol ay nangyayari araw-araw, ang Aking poot ay lumalabas araw-araw, at ang Aking sumpa ay sumasapit sa bawat bagay na hindi naaayon sa Aking disposisyon araw-araw. Kung gayon ay masasabi na ang panahon na nagsisimula ang Aking paghatol ay ang panahon na ang banal na trumpeta ay pinatutunog, at ito ay patuloy na tumutunog araw-araw, hindi humihinto nang kahit isang saglit at hindi humihinto nang kahit isang minuto o segundo. Mula ngayon, palakas nang palakas ang magiging tunog ng banal na trumpeta, kasabay ng unti-unting nangyayaring malalaking kalamidad. Sa madaling salita, kasabay ng pahayag ng Aking matuwid na paghatol, ang Aking disposisyon ay higit pang maisasapubliko, at kung ano Ako at kung anong mayroon Ako ay idaragdag nang idaragdag sa Aking mga panganay na anak. Ito ang

paraan ng aking paggawa sa hinaharap: Sa isang kamay ay pinalalakas at inililigtas sila na Aking minamahal, at sa isa naman ay ginagamit ang Aking mga salita upang ibunyag lahat ng Aking kinamumuhian. Tandaan! Ito ang paraan ng Aking gawain, ang mga hakbang ng Aking gawain, na ganap na totoo. Ito ay naipalano Ko na mula pa noong paglikha, at hindi ito maaaring baguhin ng kahit sino.

Mayroon pa ring maraming bahagi ng Aking mga salita na mahirap unawain para sa mga tao, kung kaya't pinabuti Ko pang lalo ang Aking estilo ng pagsasalita at ang Aking mga paraan ng paghahayag ng mga hiwaga. Sa ibang salita, ang Aking estilo ng pagsasalita ay nagbabago at bumubuti araw-araw, na may mga ibang anyo at pamamaraan bawat araw. Ito ang mga hakbang ng Aking gawain, at hindi kayang baguhin ang mga ito ng kahit sino. Ang mga tao ay maaari lamang magsalita at kumilos nang naaayon sa Aking sinasabi. Ito ang ganap na katotohanan. Nakagawa na Ako ng nararapat na pagsasaayos kapwa sa Aking pagka-Diyos at sa Aking katawang-tao. Nakapaloob sa lahat ng kilos at gawain ng Aking pagkatao ang isang aspeto ng karunungan ng Aking pagka-Diyos. (Dahil ang sangkatauhan ay walang anumang karunungan, ang sabihin na ang mga panganay na anak ay nagtataglay ng Aking karunungan ay tumutukoy sa katotohanang taglay nila ang Aking banal na disposisyon.) Kapag kayong mga panganay na anak ay gumagawa ng mga kahangalan, ito ay dahil mayroon pa rin kayong mga elemento ng pagkatao sa loob ninyo. Samakatuwid, dapat niyong alisin ang ganyang kahangalan ng pagkatao, at gawin ang Aking ibig at itakwil ang Aking kinamumuhian. Sinumang nanggaling sa Akin ay dapat bumalik sa loob Ko, at sinumang ipinanganak sa Akin ay dapat bumalik sa loob ng Aking kaluwalhatian. Sila na aking kinamumuhian ay dapat iwan at putulin nang paisa-isa mula sa Akin. Ang mga ito ang mga hakbang ng Aking gawain; ito ang Aking pamamahala, at ito ang plano ng Aking anim na libong taong paglikha. Sila na Aking iniwan ay dapat na magpasakop na lahat at masunuring lisanin Ako. Dahil sa mga pagpapalang ipinagkaloob Ko sa kanila, ang lahat ng Aking minamahal ay dapat na purihin Ako upang ang Aking pangalan ay maging mas maluwalhati pa, at nang ang maluwalhating liwanag ay maidagdag sa Aking maluwalhating mukha, upang maaaring mapuno sila ng Aking karunungan sa Aking kaluwalhatian, at mas luwalhatiin pa ang Aking pangalan sa Aking maluwalhating liwanag!

Kabanata 105

Dahil sa mga prinsipyo sa likod ng Aking mga salita, at dahil sa pamamaraan ng Aking paggawa, itinatatwa Ako ng mga tao; ito ang layunin ng Aking pagsasalita nang napakatagal (nakatuon ito sa lahat ng inapo ng malaking pulang dragon). Ito ang matalinong pamamaraan ng Aking gawain; ito ang Aking paghatol sa malaking pulang dragon. Ito ang Aking estratehiya, at wala ni isang tao ang lubusang makakaunawa rito.

Sa bawat mahalagang pagbabago—ibig sabihin, sa bawat yugto ng paglipat ng Aking planong pamamahala—ilang tao ang dapat maalis; inaalis sila ayon sa pagkakasunud-sunod ng Aking gawain. Ganito lamang ang pamamaraan na isinasagawa ang Aking buong planong pamamahala. Pagkatapos Kong maitapon isa-isa ang mga taong nais Kong alisin, sinisimulan Ko naman ang susunod na hakbang ng Aking gawain. Gayunpaman, ito ang huling pagpapalayas (at ibig sabihin nito ay sa loob ng mga iglesia sa China), at ito rin ang panahon kung kailan maaalis ang pinakamalaking bilang ng mga tao habang dumaraan sa isang yugto ng paglipat mula nang likhain ang mundo. Sa buong kasaysayan, sa tuwing naalis ang mga tao, mayroong isang bahagi na itinitira para maglingkod sa susunod na gawain. Ngunit ang panahong ito ay hindi gaya ng mga nakaraang panahon; malinis at mabilis ito. Ito ang pinakamahalaga at pinakakomprehensibo sa lahat ng panahon. Kahit na pagkatapos ng pagbabasa sa Aking mga salita, karamihan sa mga tao ay sinusubukang sapilitang alisin ang pagdududa sa kanilang mga isipan, sa huli ay hindi nila ito napagtatagumpayan, at katapus-tapusan ay bumabagsak sila sa kanilang pagsisikap. Hindi sila ang magpapasya nito, dahil sila na Aking mga itinalaga ay hindi makatatakas, at ang mga hindi Ko itinalaga ay maaari Ko lamang hamakin. Tanging ang mga pinapaboran Ko ang mga taong Aking minamahal; kung hindi, wala ni isang tao ang maaaring malayang umalis at pumasok sa Aking kaharian; ito ang Aking panghampas na bakal, at ito lamang ang makapangyarihang patotoo at lubos na pagpapamalas ng pagsasakatuparan ng Aking mga atas administratibo. Tiyak na hindi lamang ito tungkol sa pagiging malakas ang loob. Bakit Ko nasabing si Satanas ay walang lakas laban sa pagbagsak? Noong una ay may lakas ito, ngunit ito ay nasa Aking mga kamay; kung sasabihin Ko ritong humiga, dapat itong humiga, kung sasabihin Ko ritong bumangon para maglingkod sa Akin, dapat itong bumangon at maglingkod sa Akin, at gawin ito nang mabuti. Hindi sa gusto itong gawin ni Satanas; ito ay dahil pinamumunuan ng Aking panghampas na bakal si Satanas, at sa ganitong paraan lamang ito nahihikayat sa puso at sa salita. Pinamamahalaan ito ng Aking mga atas administratibo, at taglay Ko ang Aking kapangyarihan, kaya si Satanas ay hindi maaaring hindi lubos na mahikayat; dapat itong matapakan sa ilalim ng Aking tuntungan, nang walang bakas ng paglaban. Sa nakalipas, noong ito ay nagsisilbi sa Aking mga anak, sukdulang mapangahas si Satanas at sadya silang inaapi, umaasang sa pamamagitan niyon ay maipapahiya Ako at masasabing wala Akong kakayahan. Napakabulag! Yuyurakan kita hanggang sa mamatay ka! Sige lang; hinahamon Kitang maging mabagsik muli! Hinahamon Kitang tratuhin muli ang Aking mga anak nang may malamig na kawalan ng interes! Habang nagiging mas tapat ang mga tao, at habang mas nakikinig sila sa Aking mga salita at nagpapasakop sa Akin, mas inaapi at inihihawalay mo sila (ang tinutukoy Ko rito ay ang pagtitipon mo ng iyong mga kasabuwat upang bumuo ng isang pangkat). Ngayon ang iyong mga araw ng kabagsikan ay natatapos na, at unti-unti Ko nang wawakasan ang pagtutuos Ko sa iyo; hindi Ko hahayaang matakasan mo ang kahit katiting ng iyong nagawa. Ngayon hindi

ikaw—Satanas—ang nakakuha ng kapangyarihan; sa halip ay nabawi Ko na ang kapangyarihang iyon, at ang panahon para tawagin ang Aking mga anak para harapin ka ay dumating na. Dapat kang maging masunurin, at huwag lumaban nang kahit kaunti. Gaano man kaayos ang naging asal mo sa harapan Ko noon, hindi iyon makakatulong sa iyo ngayon. Kung hindi ka kabilang sa Aking mga minamahal, kung gayon ay hindi kita gusto. Hindi katanggap-tanggap ang masyadong marami, ito dapat ay ang bilang na Aking itinalaga; at kung mas kaunti kaysa rian ay mas malala. Satanas, huwag maging mapanggambala! Maaari kayang hindi malinaw sa Aking sariling puso kung sino ang Aking minamahal at kung sino ang Aking kinamumuhian? Kailangan ba Kita upang magpaalala sa Akin? Maisisilang ba ni Satanas ang Aking mga anak? Lahat ay katawatawa! Lahat ay kahabag-habag! Lubusan at ganap Kong itatapon lahat. Kahit isa ay hindi kailangan, ang lahat ay dapat na umalis! Ang anim na libong taon na plano ng pamamahala ay nasa katapusan na, ang Aking gawain ay tapos na, at dapat Kong alisin ang kawan na ito ng mga hayop at mga halimaw!

Tiyak na ang mga naniniwala sa Aking mga salita at nagsasakatuparan sa mga ito ay sila na Aking minamahal; hindi Ko tatalikuran ang kahit isa sa kanila, at wala Ako ni isa mang paaalisin. Kaya sila na mga panganay na anak ay hindi kailangang mag-alala. Yamang ito ay Aking ipinagkaloob, walang sinumang makapag-aalis nito, at obligado Akong ipagkaloob ito sa Aking mga pinagpapala. Sila na Aking mga inaprubahan (bago ang paglikha ng mundo), ay Aking pinagpapala (ngayon). Ito ang paraan kung paano Ako gumagawa, at ito rin ang pangunahing prinsipyo ng bawat sugnay ng Aking mga atas administratibo, at walang sinumang makapagbabago nito; wala nang isa pang salita ang maidaragdag, ni isa pang pangungusap, lalong wala kahit isang salita o pangungusap ang maaaring alisin. Malimit Kong sinasabi noon na ang Aking persona ay nagpapakita sa inyo. Ano kung gayon ang Aking “persona,” at paano ba ito nagpapakita? Ito ba ay tumutukoy lamang sa Akin mismo? Ito ba ay tumutukoy lamang sa bawat pangungusap na Aking sinasabi? Ang dalawang aspetong ito, bagama’t kailangang-kailangan, ay bumubuo lamang ng isang maliit na bahagi; ibig sabihin, hindi bumubuo ang mga ito ng isang ganap na pagpapaliwanag ng Aking persona. Kabilang sa Aking persona ang Aking katawang tao, ang Aking mga salita, at maging ang Aking mga gawa, ngunit ang pinakatumpak na paliwanag ay, ang Aking mga panganay na anak at Ako ay ang Aking persona. Ibig sabihin, isang grupo ng mga Kristiyanong negosyante, na naghahari at may kapangyarihan, ang Aking persona. Dahil dito, bawat isa sa mga panganay na anak ay kailangang-kailangan at bahagi ng Aking persona, at kaya Aking binibigyang-diin na ang bilang ng mga tao ay hindi maaaring masyadong marami (kaya nagdadala ng kahihiyan sa Aking pangalan), at lalo pa ngang mahalaga, hindi ito maaaring masyadong kaunti (na hindi Ako kayang ganap na maipamalas). Bukod dito, paulit-ulit Kong binibigyang-diin na ang mga panganay na anak ay ang Aking mga pinakamamahal, Aking kayamanan, at ang kabuuan ng Aking anim na libong taon na plano ng pamamahala; sila lamang ang maaaring kumatawan sa Aking

perpekto at lubos na pagpapamalas. Ako Mismo lamang ang maaaring maging lubos na pagpapamalas ng Aking persona; tanging kapag kasama Ko ang mga panganay na anak maaaring masabi na Ako Mismo ay naipapamalas nang perpekto at lubos. Kaya may mahigpit Akong mga hinihingi sa Aking mga panganay na anak, nang walang bagay na kinakaligtaan, at paulit-ulit Kong pinuputol at pinapatay ang lahat ng mga nakahiwalay sa Aking mga panganay na anak; ito ang ugat ng lahat ng Aking nasabi na, at ito ang kahuli-hulihang layunin ng lahat ng Aking nasabi na. Bukod pa rito, muli't muli Kong binibigyang-diin na sila dapat ay mga taong inaprubahan Ko na, na personal Kong pinili magmula nang likhain ang mundo. Paano kung gayon maipaliliwanag ang salitang "pagpapakita"? Ito ba ay tungkol sa panahon kung kailan pumapasok sa espirituwal na mundo ang isang tao? Karamihan sa mga tao ay naniniwala na ito ay ang panahon na ang Aking katawang-tao ay pinahiran, o ang panahon kung kailan ay nakita nila ang Aking katawang-tao, ngunit mali ang lahat ng ito; hindi man lamang malapit. Ang "pagpapakita" ayon sa orihinal nitong kahulugan ay hindi mahirap unawain, ngunit mas mahirap itong unawain ayon sa Aking layunin. Maaaring masabi kung gayon: Nang nilikha Ko ang sangkatauhan, isinalin Ko ang Aking katangian sa pangkat na ito ng mga tao na Aking minamahal, at ang pangkat na ito ng mga tao ay ang Aking persona. Kung sasabihin ito sa ibang paraan, nakapagpakita na ang Aking persona sa panahong iyon. Hindi sa ang Aking persona ay nagpakita pagkatapos matanggap ang pangalang ito; bagkus ay nagpakita ito matapos Kong italaga ang pangkat na ito ng mga tao, dahil taglay nila ang Aking katangian (hindi nagbabago ang kalikasan nila, at bahagi pa rin sila ng Aking persona). Kaya ang Aking persona, mula pa noong nilikha ang mundo hanggang sa kasalukuyan, ay laging nagpapakita. Naniniwala ang karamihan ng tao sa kuru-kuro na ang Aking katawang-tao ay ang Aking persona, na talagang hindi totoo; ang palagay na yaon ay nagmula lamang sa kanilang mga saloobin at kuru-kuro. Kung ang Aking katawang-tao lamang ang Aking persona, hindi yaon magiging sapat upang maipahiya si Satanas. Hindi nito makakayang luwalhatiin ang Aking pangalan, at sa katunayan ito ay magkakaroon ng kasalungat na epekto, kaya nagdadala ng kahihyan sa Aking pangalan, at nagiging isang marka ng panghihiya ni Satanas sa Aking pangalan sa buong kapanahunan. Ako ang marunong na Diyos Mismo, at hindi Ako kailanman gagawa ng gayong kahangalan.

Ang Aking gawain ay dapat magkaroon ng mga bunga, at bukod pa roon, dapat Akong magsabi ng mga salita nang may mga pamamaraan; lahat ng Aking mga salita at mga pagbigkas ay sinasabi kasama ng Aking Espiritu, at nagsasalita Ako ayon sa lahat ng ginagawa ng Aking Espiritu. Kaya lahat ay dapat, sa pamamagitan ng Aking mga salita, maramdam ang Aking Espiritu, makita kung ano itong ginagawa ng Aking Espiritu; dapat nilang makita kung ano ang eksaktong gusto Kong gawin, dapat nilang makita ang Aking paraan ng paggawa batay sa Aking mga salita, at makita kung ano ang mga prinsipyo ng Aking buong planong pamamahala. Pinagmamasdan Ko ang buong larawan ng sansinukob: Bawat tao, bawat pangyayari, at bawat lugar ay nasa

ilalim lahat ng Aking pag-uutos. Walang nangangahas na lumabag sa Aking plano; lahat ay sumusulong bawat hakbang ayon sa kaayusang Aking naitakda. Ito ang Aking kapangyarihan; dito nakasalalay ang karunungan ng pamamahala ng Aking buong plano. Walang lubos na makauunawa o malinaw na makapagsasalita; lahat ay personal Kong ginagawa, at Ako lamang ang nagkokontrol.

Kabanata 106

Yaong mga hindi nakaaalam ng Aking mga salita, yaong mga hindi nakaaalam ng Aking normal na pagkatao, at yaong mga lumalaban sa Aking pagka-Diyos ay gigibaing lahat tungo sa kawalan. Walang sinuman ang hindi masasaklaw nito, at lahat ay dapat maging katanggap-tanggap sa aspetong ito, dahil ito ay Aking atas administratibo, at ito ang pinakaseryoso na isasagawa. Yaong mga hindi nakaaalam ng Aking mga salita ay yaong mga nakapakinig na sa mga bagay na malinaw Ko nang itinuro, ngunit hindi pa rin alam ang mga iyon; sa madaling salita, mga tao sila na hindi nakauunawa ng mga espirituwal na bagay (dahil hindi Ako lumikha ng kakayahan ng tao na tumutugma sa mga espirituwal na bagay, hindi Ako humihingi nang malaki mula sa kanila; hinihingi Ko lamang na makinig sila sa Aking mga salita at maisagawa ang mga iyon). Hindi sila mga tao ng Aking sambahayan, ni hindi Ko kapareho ng uri; nabibilang sila sa bansa ni Satanas. Kaya hindi Ko gusto ang isa man sa mga taong ito na hindi nakauunawa ng mga espirituwal na bagay. Noon, inisip ninyo na lumalabis na Ako, ngunit dapat nauunawaan na ninyo ngayon. Paano kayang ang mga hayop ay posibleng makipag-usap sa Diyos? Hindi ba iyan magiging katawa-tawa? Yaong mga hindi nakaaalam ng Aking normal na pagkatao ay yaong mga gumagamit ng mga sarili nilang kuru-kuro para sukatin kung ano ang ginagawa Ko sa Aking pagkatao. Sa halip na magpasakop, hinahanapan nila Ako ng mali gamit ang mga mata nilang gawa sa laman. Marahil nasayang ang mga salitang Aking binigkas? Sinabi Ko nang ang Aking normal na pagkatao ay isang kailangang-kailangang bahagi Ko, ang ganap na Diyos Mismo, at na ito ang wastong paraan na magkasabay na gumagawa ang Aking normal na pagkatao at ganap na pagka-Diyos: Kapag hindi kaayon ng mga kuru-kuro ng tao ang mga bagay na Aking ginagawa sa pamamagitan ng Aking normal na pagkatao, yaong mga lumalaban sa Akin at yaong mga hindi Ko kaayon ay nabubunyag. Pagkatapos, nagsasalita ang Aking ganap na pagka-Diyos sa pamamagitan ng pagkatao, at sa ganitong paraan, naiwawasto Ko na ang ilang tao. Kung hindi mo nauunawaan ang Aking ginagawa ngunit nakapagpapasakop ka pa rin, ikaw ang uri ng tao na hindi Ko kinokondena; nililiwanagan Ko lamang ang ganitong mga tao. Mahal Ko ang ganitong mga tao, at dahil sa iyong pagpapasakop, nililiwanagan kita. Yaong mga lumalaban sa Aking pagka-Diyos ay kinabibilangan ng mga hindi nakaaalam ng Aking mga salita, yaong mga hindi kaayon ng Aking normal na pagkatao, at yaong hindi sumasang-ayon sa Aking ginagawa sa

pagka-Diyos (halimbawa, sa Aking pagkagalit o pagbuo ng iglesia at iba pa). Ang lahat ng ito ay pagpapahayag ng paglaban sa Aking pagka-Diyos. Ngunit mayroong isang bagay na kailangan Kong bigyang-diin, at dapat bigyang-pansin ng bawat isa sa inyo: Yaong mga hindi kaayon ng persona na Ako ngayon ay lumalaban sa Aking pagka-Diyos. Bakit palagi Kong sinasabi na ang persona na Ako ay ang ganap na Diyos Mismo? Ang disposisyon ng persona na Ako ang kabuuan ng pagka-Diyos na disposisyon; huwag mo Akong sukatin gamit ang mga kuru-kuro ng tao. Kahit ngayon, marami pa ring tao ang nagsasabi na Ako ay may normal na pagkatao at na hindi lahat ng Aking ginagawa ay tiyak na tama. Kapag ganito ang mga tao, hindi mo ba hinihingi lamang na mamatay? Hindi nila alam ni isang salita sa Aking sinasabi, at sila ay walang-pasubaling mga inapo ng mga bulag, at mga binhi ng malaking pulang dragon! Sasabihin Ko sa lahat nang minsan pa (at hindi Ko na muling sasabihin pa ito pagkatapos, at tiyak na susumpain ang lahat ng gagawa uli ng pagkakasalang ito): ang Aking mga salita, ang Aking pagtawa, ang Aking pagkain, ang Aking pamumuhay, ang Aking pagsasalita at ang Aking ugali ay ginagawa Kong lahat—ang Diyos Mismo—at wala ni katiting na bakas ng mga tao na nakahalo roon. Wala! Wala kahit ano! Dapat huminto ang lahat ng tao sa paglalaro ng mga tagisan ng isipan, at huminto sa kanilang mabababaw na pagkalkula. Habang mas maraming taong nagpapatuloy sa ganito, mas mapapahamak sila. Pakinggan ang Aking payo!

Palagi Kong sinasaliksik ang kaibuturan ng puso ng bawat tao, sinasaliksik ang bawat salita at kilos ng bawat tao. Malinaw Kong nakikita, isa-isa, yaong mga gusto Ko at yaong mga hindi Ko gusto. Ito ay isang bagay na hindi maguguni-guni ng mga tao, at, higit pa roon, isang bagay na hindi nila kayang tuparin. Napakarami Ko nang nasabi at napakarami Ko nang nagawa; sino ang makatutukoy sa layon ng Aking mga salita, at ng Aking ginagawa? Walang sinuman. Magmula ngayon, mas maraming salita pa Akong bibigkasin; sa isang banda, aalisin nito ang lahat ng taong hindi Ko gusto, at sa kabila, pahihirapan kayo nito nang kaunti pa kaugnay rito, nang minsan pa ninyong maranasan ang muling pagkabuhay, ngunit nang mas matindi. Hindi ito mapagpapasyahan ng mga tao, ni mapipigilan ng sinuman na mangyari ito. Kahit na malaman pa ninyo ang tungkol dito ngayon, pagdating ng panahon, hindi pa rin ninyo maiiwasan ang ganitong uri ng pagdurusa, dahil ito ang paraan ng Aking paggawa. Kailangan Kong gumawa nang ganito upang maabot ang Aking mga mithiin, at upang maaaring matupad sa inyo ang Aking kalooban. Ito ang dahilan kung bakit tinatawag itong “ang huling pagdurusang dapat ninyong tiisin.” Ang inyong laman ay hindi na kailanman magdurusang muli pagkatapos, dahil nawasak Ko na ang malaking pulang dragon at hindi na ito mangangahas na magwala muli. Ito ang huling hakbang bago ang pagpasok sa katawan; ito ay isang yugto ng pagpapalit. Ngunit huwag kayong matakot—walang-pasubaling pangungunahan Ko kayo patawid sa sunud-sunod na paghihirap. Maniwala kayo na Ako ang matuwid na Diyos Mismo, at na ang sinasabi Ko ay tiyak na matutupad. Ako ang mapagkakatiwalaang Diyos Mismo. Lahat ng bansa, lahat ng

lupain, at lahat ng denominasyon ay bumabalik sa Akin at nagsasama-sama sa Aking trono. Ito ang Aking dakilang kapangyarihan, at Aking hahatulan ang bawat isang anak ng paghihimagsik at itatapon sila sa lawa ng apoy at asupre, nang walang sinumang maliliban. Lahat ay dapat na umurong. Ito ang huling hakbang ng Aking plano ng pamamahala, at kapag tapos na ito, papasok na Ako sa kapahingahan, dahil nagawa na ang lahat, at dumating na sa katapusan ang Aking plano ng pamamahala.

Dahil ang tulin ng Aking gawain ay napabilis na (bagaman hindi Ako nababalisa ni bahagya), araw-araw Kong ibinubunyag sa inyo ang Aking mga salita at araw-araw Kong binubuksan sa inyo ang mga hiwagang Aking hawak, upang malapit ninyong masusundan ang Aking mga yapak. (Ito ang Aking karunungan; ginagamit Ko ang Aking mga salita para perpektuhin ang mga tao, ngunit para din pabagsakin ang mga tao. Lahat ay nagbabasa ng Aking mga salita at kayang kumilos ayon sa Aking kalooban na nasa Aking mga salita. Yaong mga negatibo ay magiging negatibo, yaong mga ibubunyag ay magpapakita ng kanilang tunay na kulay; ang mga lumalaban ay lalaban, at yaong mga tapat na nagmamahal sa Akin ay lalo pang magiging tapat. Sa gayon, lahat ay makasusunod sa Aking mga yapak. Ang lahat ng kalagayang ito na Aking inilarawan ay mga pamamaraan kung paano Ako gumagawa at mga mithiin na nais Kong makamit.) Sa nakalipas, nasabi Ko na ang ganitong uri ng bagay: Paano Ko man kayo akayin, dapat kayong maghanap sa parehong paraan; anuman ang sinasabi Ko sa inyo, dapat kayong makinig. Ano ang ibig Kong sabihin dito? Alam ba ninyo? Ano ang mga layon at kabuluhan ng Aking salita? Nauunawaan ba ninyo? Ilang tao ang lubos na maipaliliwanag ito nang malinaw? Kapag Aking sinasabi, “Paano Ko man kayo akayin, dapat kayong maghanap sa parehong paraan,” hindi Ko lamang tinutukoy ang Aking paggabay bilang ang persona na Ako; higit pa roon ay tinutukoy Ko ang mga salitang Aking sinasabi at ang landas na Aking tinatahak. Ngayon, talagang natupad na ang mga salitang ito. Sa sandaling nasabi Ko na ang Aking mga salita, nalalantad sa harap ng liwanag ng Aking presensya ang lahat ng uri ng mukha ng demonyo, kaya malinaw ninyong makikita ang lahat ng iyon. Ang mga pahayag Kong ito ay hindi lamang isang anunsyo kay Satanas, kundi isa ring ipinagkakatiwala sa inyong lahat. Karamihan sa inyo ay binabalewala ang mga salitang ito, naniniwalang ang mga ito ay ipinagkakatiwala sa inyo; hindi ninyo natatantong ang mga ito ay mga salita ng paghatol, at mga salitang nagtataglay ng awtoridad. Ang layon ng Aking mga salita ay ang utusan si Satanas na magsilbi nang maayos sa Akin at ganap na magpasakop sa Akin. Sa mga hiwagang naibunyag Ko na sa nakalipas, marami pa rin ang hindi ninyo nauunawaan, kaya sa hinaharap mas marami pa ang ibubunyag Ko sa inyo, upang makapagtamo kayo ng mas malinaw at lubos na pagkaunawa.

Kapag dumarating ang mga kapahamakan, takot na takot ang lahat. Umiiyak nang may dalamhati ang lahat ng tao at namumuhi sa masasamang bagay na kanilang ginawa sa nakalipas, ngunit sa sandaling iyon ay huli na ang lahat sapagkat ito ang kapanahunan ng poot. Hindi ito ang panahon upang iligtas ang mga tao at mag-alok ng

biyaya, kundi ang panahon upang alisin ang lahat ng tagapagsilbi at hayaan ang Aking mga anak na mamuno para sa Akin. Ito ay talagang iba mula sa mga nakalipas na panahon; hindi pa ito nangyayari magmula nang likhain ang mundo. Dahil minsan Kong nilikha ang mundo, minsan Ko itong wawasakin, at ang Aking pauna nang naitalaga ay hindi mababago ninuman. Ang dalawang katawagang “ang grupo ng mga Kristiyanong tao” at “ang grupo ng mga bagong tao ng sansinukob” ay malimit na binanggit dati. Paano dapat ipaliwanag ang mga ito? Ang “grupo ng mga Kristiyanong tao” ba ay tumutukoy sa mga panganay na anak? Ang “grupo ng mga bagong tao ng sansinukob” ba ay tumutukoy rin sa mga panganay na anak? Hindi; hindi ito napakahulugan nang wasto ng mga tao. Dahil makatutulong lamang sa kanila ang mga kuru-kuro ng tao na makaunawa ng mga bagay-bagay hanggang sa antas na ito, lilinawin Ko ang mga ito sa inyo ngayon dito. Ang grupo ng mga Kristiyanong tao at ang grupo ng mga bagong tao ng sansinukob ay hindi magkapareho; magkahiwalay ang kahulugan ng mga ito. Bagama’t magkahawig na magkahawig ang mga salitang bumubuo sa dalawang katawagang ito, at tila ba iisang bagay lamang ang mga ito, ang tunay na kalagayan ay ang ganap na kasalungat. Sino ba ang eksaktong tinutukoy ng “grupo ng mga Kristiyanong tao”? O ano ba ang tinutukoy nito? Kapag napag-uusapan ang mga Kristiyanong tao, Ako lamang ang naiisip ng lahat. Hindi sila mali roon ni bahagya. Bukod pa rito, sa mga kuru-kuro ng tao, ang terminong “mga tao” ay tiyak na tumutukoy sa mga tao; wala ni isa mang tao na mag-uugnay nito sa iba pang bagay. Kapag sinasabi ang terminong “grupo,” iisipin ng mga tao na ito ay isang pagtitipon ng maraming tao na halos iisang kabuuan na, kaya nga tinatawag na “grupo.” Dito, makikita na ang isip ng mga tao ay sobrang napakasimple; ni hindi nila nauunawaan ang ibig Kong sabihin. Ngayon, opisyal Kong sisimulan ang pagbabahaginan tungkol sa kung ano ang grupo ng mga Kristiyanong tao (ngunit dapat isantabi ng lahat ng tao ang sarili nilang mga kuru-kuro; kung hindi, walang sinuman sa kanila ang magagawang makaunawa, at kahit na ipinaliwanag Ko pa ang termino, hindi nila ito paniniwalaan ni mauunawaan): Sa sandaling binigkas ang Aking mga salita, makakikilos ang Aking mga panganay na anak nang ayon sa Aking kalooban, at maipahahayag ang Aking kalooban, nang sila ay may nagkakaisang puso at nagkakaisang bibig. Habang hinahatulan nila ang lahat ng bansa at lahat ng mga tao, maisasakatuparan nila ang Aking pagiging matuwid at maipatutupad ang Aking mga atas administratibo; sila ay Aking pagpapahayag, at sila ay Aking pagpapamalas. Kaya, masasabi na ang grupo ng mga Kristiyanong tao ay ang katunayan ng pagpapatupad ng mga panganay na anak ng Aking mga atas administratibo; sila ang awtoridad sa mga kamay ng mga panganay na anak. Ito ay may kaugnayang lahat kay Cristo—kaya nga tinawag na “mga Kristiyanong tao.” Dagdag pa rian, makakikilos ang lahat ng panganay na anak ayon sa Aking kalooban, at dahil dito, Aking ginagamit ang katawagang “grupo.” Ang “grupo ng mga bagong tao ng sansinukob” ay nangangahulugang ang lahat ng tao sa Aking pangalan; sa madaling salita, ang Aking mga panganay na anak, ang Aking mga anak, at ang Aking mga tao.

Ang salitang “bago” ay tumutukoy sa Aking pangalan. Sapagkat sila ay nasa Aking pangalan (taglay ng Aking pangalan ang lahat, at ito ay walang-hanggang bago at hindi kailanman luma; hindi ito nababago ng tao), at sapagkat mananatili silang buhay magpakailanman sa hinaharap, sila ang mga bagong tao ng sansinukob. Ang salitang “grupo” rito ay kaugnay ng bilang ng mga tao, at hindi ito kapareho ng naunang kaso. Kapag binibigkas ang Aking salita, dapat maniwala rito ang lahat. Huwag kayong mag-alinlangan. Alisin ninyo ang inyong mga pantaong kuru-kuro at mga pantaong kaisipan. Ang Aking kasalukuyang paraan ng paghahayag ng mga hiwaga ay mismong ang paraan ng pag-aalis ng mga pantaong kuru-kuro at kaisipan (sapagkat ginagamit ng mga tao ang sarili nilang mga kuru-kuro para sukatin Ako at sukatin ang Aking sinasabi, ginagamit Ko ang sarili Kong mga ibinunyag na hiwaga para alisin ang mga pantaong kuru-kuro at kaisipan). Malapit nang matapos ang gawaing ito. Kapag nahayag na ang Aking mga hiwaga hanggang sa isang antas, hindi na halos mag-iisip ang mga tao tungkol sa Aking mga salita at hihinto sila sa paggamit ng kanilang mga pantaong kuru-kuro para sukatin Ako. Kung ano ang iniisip nila araw-araw, Aking ibubunyag, at Ako ay gaganti. Pagdating sa isang punto, hindi na mag-iisip ang mga tao; mawawalan na ng anumang kaisipan ang kanilang mga ulo, at ganap na silang magpapasakop sa Aking mga salita. Iyon ang magiging panahon kung kailan kayo papasok sa espirituwal na dako. Isa itong hakbang sa Aking gawain bago Ko kayo pahintulutang pumasok sa espirituwal na dako. Dapat ninyong alisin ang lahat ng inyong pantaong kuru-kuro bago kayo maaaring maging banal at walang-dungis at makapasok sa espirituwal na dako. Ito ang ibig sabihin ng “Isa Akong banal na espirituwal na katawan.” Ngunit dapat kayong kumilos nang naaayon sa Aking mga hakbang, at bago pa ninyo ito matanto, darating na ang Aking panahon.

Kabanata 107

Kapag umaabot sa isang antas ng kahigpitan ang Aking mga salita, lumalayo ang karamihan sa mga tao dahil sa mga ito—at sa mismong sandaling ito ibinubunyag ang Aking mga panganay na anak. Akin nang nasabi na hindi Ako nag-aangat ng isa mang daliri, kundi ginagamit lamang ang Aking mga salita upang kamtin ang lahat ng bagay. Gamit ang Aking mga salita, winawasak Ko ang lahat ng Aking kinamumuhian, at ginagamit Ko rin ang mga ito upang perpektuhin ang Aking mga panganay na anak. (Kapag binigkas ang Aking mga salita, tutunog ang pitong kulog, at sa sandaling iyon ang Aking mga panganay na anak at Ako ay magbabago ng anyo at papasok sa espirituwal na dako.) Nang Aking sinabi na ang Aking Espiritu ay gumagawa nang personal, ang ibig Kong sabihin ay na nakakamit ng Aking mga salita ang lahat, at mula rito ay makikita na Ako ay makapangyarihan sa lahat. Samakatuwid, mas malinaw pang makikita ng isang tao ang pakay at layon ng bawat pangungusap na Aking binibigkas.

Gaya ng nasabi Ko na noon, lahat ng Aking isinasatinig sa loob ng Aking pagkatao ay isang aspeto ng Aking pagpapamalas. Kaya, yaong mga tao na hindi makatitiyak at hindi talaga naniniwala sa Aking sinasabi sa loob ng Aking normal na pagkatao ay dapat na maalis! Paulit-ulit Ko nang binigyang-diin na ang Aking normal na pagkatao ay isang kailangang-kailangang aspeto ng Aking kumpletong pagka-Diyos, datapuwat napakaraming tao ang nakatuon pa rin sa huli habang binabalewala ang nauna. Ikaw ay bulag! Sinasabi mo na hindi Ako tumutugma sa iyong mga kuru-kuro, at na Ako bilang tao ay hindi tumutugma sa iyong Diyos. Maaari bang manatili ang mga taong ito sa Aking kaharian? Yuyurakan kita sa ilalim ng Aking mga paa! Hinahamon kita na maghimagsik pa laban sa Akin! Hinahamon kita na magpatuloy na maging napakatigas ang ulo! Hindi tugma ang Aking ngiti sa iyong mga kuru-kuro, hindi kasiya-siya sa iyong pandinig ang Aking pananalita, at hindi kapaki-pakinabang sa iyo ang Aking mga pagkilos—tama ba Ako? Lahat ng bagay na ito ay dapat na magustuhan mo. Ganyan ba ang Diyos? At nais pa rin ba ng mga taong ito na manatili sa Aking sambahayan at tumanggap ng mga pagpapala sa Aking kaharian? Hindi ka ba nangangarap nang gising? Kailan pa naging ganoon kagila-gilalas ang mga bagay-bagay! Gusto mo Akong suwayin, ngunit nais mo pa ring tumanggap ng mga pagpapala mula sa Akin. Sinasabi Ko sa iyo: Hindi maaari! Gaya ng maraming ulit Ko nang sinabi, ang mga pumapasok sa Aking kaharian at tumatanggap ng mga pagpapala ay dapat na mga taong Aking minamahal. Bakit Ko binibigyang-diin ang mga salitang ito? Alam Ko at nauunawaan Ko kung ano ang iniisip ng bawat tao; hindi Ko kailangang tukuyin isa-isa ang kanilang mga iniisip. Ibubunyag ang mga totoo nilang anyo sa pamamagitan ng Aking mga salita ng paghatol at lahat ay tatangis na may pagdadalamhati sa harap ng Aking luklukan ng paghatol. Ito ay isang malinaw na katunayan na walang makababago! Sa katapusan, isa-isa Ko silang papapasukin sa walang-hanggang hukay. Ito ang huling bunga na nais Kong matamo sa Aking paghatol sa diyablong si Satanas. Dapat Akong gumamit ng paghatol at mga atas administratibo para harapin ang bawat tao, at ganito Ko kinakastigo ang mga tao. Mayroon ba kayong totoong kabatiran tungkol dito? Hindi Ko kailangang bigyan si Satanas ng dahilan; ginagamit Ko lamang ang Aking tungkod na bakal para paluin ito hanggang sa malapit na itong mamatay at paulit-ulit na nagmamakaawa. Kaya kapag binabasa ng mga tao ang Aking mga salita ng paghatol, hindi nila mauunawaan ang mga ito ni bahagya, ngunit mula sa Aking pananaw, bawat linya at bawat pangungusap ay isang pagpapatupad ng Aking mga atas administratibo. Ito ay isang malinaw na katunayan.

Yamang nabanggit Ko na ngayon ang paghatol, may kinalaman ang paksang ito sa luklukan ng paghatol. Dati, malimit ninyong sinasabi na tatanggap kayo ng paghatol sa harap ng luklukan ni Cristo. Mayroon kayong kaunting pagkaunawa tungkol sa paghatol, ngunit hindi ninyo maguni-guni ang luklukan ng paghatol. Siguro iniisip ng ilang tao na ang luklukan ng paghatol ay isang pisikal na bagay, o maaari nila itong maguni-guni bilang isang malaking hapag, o siguro ay inilalarawan nila ito sa isip nila bilang luklukan

ng isang hukom gaya ng nasa sekular na mundo. Siyempre, sa Aking paliwanag sa sandaling ito, hindi Ko itatanggi ang inyong nasabi na, ngunit para sa Akin, ang mga bagay-bagay na nasa mga guni-guni ng mga tao ay mayroon pa ring sumasagisag na kahulugan. Kaya, ang puwang sa pagitan ng mga guni-guni ng mga tao at ng Aking ibig sabihin ay kasinglawak pa rin ng layo sa pagitan ng langit at lupa. Sa mga kuru-kuro ng mga tao, maraming taong nagpapatirapa sa harap ng luklukan ng paghatol, umiiyak sa dalamhati at nagmamakaawa. Ito na ang rurok ng pantaong guni-guni at walang sinuman ang makakaguni-guni ng anumang higit pa ryan. Ano kung gayon ang luklukan ng paghatol? Bago Ko ibunyag ang hiwagang ito, dapat ninyong tanggihan ang lahat ng inyong dating maling pagkaintindi; saka lamang maaabot ang Aking nilalayon. Ito lamang ang paraan para mapawi ang inyong mga kuru-kuro at mga iniisip sa usaping ito. Dapat kayong magtuon ng pansin tuwing nagsasalita Ako. Hindi na kayo dapat maging pabaya. Naitatag na ang Aking luklukan ng paghatol mula nang likhain ang mundo. Sa mga kapanahunan at mga henerasyong nakalipas, marami nang tao ang nangamatay sa harap nito, at marami na ring bumangon sa harap nito, bumabalik sa buhay. Masasabi rin na mula simula hanggang katapusan, hindi kailanman humihinto ang Aking paghatol, kaya't palaging umiiral ang Aking luklukan ng paghatol. Kapag binabanggit ang luklukan ng paghatol, nakararamdam ang lahat ng tao ng bakas ng takot. Siyempre, mula sa nasabi Ko na sa itaas, wala kayong kaalam-alam kung ano itong luklukan ng paghatol. Ang luklukan ng paghatol at ang paghatol ay sabay na umiiral, ngunit ang dalawa ay may magkaibang uri ng sangkap. (Dito, ang "sangkap" ay hindi tumutukoy sa isang pisikal na bagay, kundi sa mga salita. Hindi nakikita ng mga tao ni kaunti ang sangkap na ito.) Ang paghatol ay tumutukoy sa Aking mga salita. (Kung ang mga iyon man ay marahas o malambot, ang mga iyon ay kasamang lahat sa Aking paghatol. Kaya, anumang lumalabas mula sa Aking bibig ay paghatol.) Dati, hinati ng mga tao ang Aking mga salita sa maraming iba't ibang uri, kabilang ang mga salita ng paghatol, malumanay na mga salita, at mga salitang nagbibigay-buhay. Ngayon, Aking liliinawin para sa inyo na ang paghatol at ang Aking mga pahayag ay magkaugnay. Ibig sabihin, ang paghatol ay Aking mga salita, at ang Aking mga salita ay paghatol; hindinhindi kayo dapat magsalita tungkol sa mga iyon nang magkahiwalay. Sa guni-guni ng mga tao, iniisip nila na ang masasakit na mga salita ay paghatol, ngunit hindi ganap ang pagkaunawa nila. Lahat ng Aking sinasabi ay paghatol. Ang simula ng paghatol na sinabi sa nakalipas ay tumutukoy kung kailan opisyal na nagsimulang gumawa ang Aking Espiritu sa bawat lugar at nagpatupad ng Aking mga atas administratibo. Sa pangungusap na ito, ang "paghatol" ay tumutukoy sa aktwal na realidad. Ngayon ay Aking ipaliliwanag ang luklukan ng paghatol: Bakit Ko sinasabi na ang luklukan ng paghatol ay umiiral mula sa kawalang-hanggan hanggang sa kawalang-hanggan at kasama ng Aking paghatol? Nagkamit na ba kayo ng kaunting pagkaunawa mula sa Aking paliwanag tungkol sa paghatol? Ang luklukan ng paghatol ay tumutukoy sa tao na Ako. Mula sa kawalang-hanggan hanggang sa kawalang-hanggan, Ako ay laging

nagsasatinig at nagsasalita. Ako ay nabubuhay magpakailanman, kaya ang Aking luklukan ng paghatol at ang Aking paghatol ay magpakailanman magkasamang umiiral. Dapat malinaw na ito ngayon! Itinuturing Ako ng mga tao bilang isang bagay sa kanilang mga guni-guni, ngunit sa bagay na ito, hindi Ko kayo sinisisi ni kinokondena. Inaasam Ko lamang na maging masunurin kayo at tanggapin ang Aking paghahayag, at malaman mula rito na Ako ang Diyos Mismo na sumasakop sa lahat.

Ang Aking mga salita ay ganap na di-mawari ng mga tao, ang Aking mga yapak ay imposible nilang matagpuan, at ang Aking kalooban ay imposible nilang matarok. Kaya, ang kalagayan ninyo ngayon (nakatatanggap ng Aking paghahayag, natatarok ang Aking kalooban mula sa loob nito, at nakasusunod sa Aking mga yapak sa pamamagitan nito) ay ganap na bunga ng Aking kagila-gilalas na mga pagkilos, ng Aking biyaya, at ng Aking habag. Isang araw, hahayaan Ko pang makita ninyo ang Aking karunungan, makita kung ano nang nagawa Ko gamit ang mga kamay Ko, at makita ang pagiging kamangha-mangha ng Aking gawain. Pagdating ng araw na iyon, ang disenyo ng Aking buong plano ng pamamahala ay ganap na ibubunyag sa harap ninyo. Sa buong mundo ng sansinukob at sa bawat araw, ipinamamalas ang mga bahagi ng Aking kagila-gilalas na mga pagkilos, at ang lahat ay naglilingkod upang maaaring matupad ang Aking plano ng pamamahala. Kapag ganap na itong naibunyag, makikita ninyo kung anong uri ng mga tao ang Akin nang isinaayos upang gumawa ng serbisyo, anong uri ng mga tao ang Akin nang isinaayos para tuparin ang Aking kalooban, ano ang Akin nang nakamit sa pamamagitan ng paggamit kay Satanas, ano ang Akin nang natupad na mag-isa, anong uri ng mga tao ang tumatangis, anong uri ng mga tao ang nagngangalit ang mga ngipin, anong uri ng mga tao ang daranas ng pagkawasak, at anong uri ng mga tao ang daranas ng kapahamakan. Sa “pagkawasak,” tinutukoy Ko yaong mga itatapon sa lawa ng apoy at asupre at ganap na susunugin; sa “kapahamakan,” ibig Kong sabihin ay yaong mga itatapon sa walang-hanggang hukay para manlupaypay roon nang walang hanggan. Kaya, huwag ninyong pagkamalian ang pagkawasak at kapahamakan bilang iisang bagay; sa kabaligtaran, ang dalawa ay magkaibang-magkaiba. Ang mga tagapagsilbi na umaalis sa Aking pangalan ngayon ay daranas ng kapahamakan, at yaong hindi sa Aking pangalan ay daranas ng pagkawasak. Ito ang dahilan kung bakit Ko sinasabi na yaong mga dumaranas ng kapahamakan ay magbibigay sa Akin ng walang-hanggang papuri pagkatapos ng Aking paghatol; ngunit ang mga taong iyon ay hindi kailanman maaalisan ng Aking pagkastigo, at lagi nilang tatanggapin ang Aking pamumuno. Ito ang dahilan kung bakit Ko sinasabi na ang walang-hanggang hukay ang kamay na Aking ginagamit upang kastiguhin ang mga tao. Sinasabi Ko rin na ang lahat ay nasa Aking mga kamay. Kahit na sinabi Kong “ang walang-hanggang hukay” ay tumutukoy sa impluwensya ni Satanas, ito rin ay nasa Aking mga kamay, na Aking ginagamit upang kastiguhin ang mga tao. Kaya, ang lahat ay nasa Aking mga kamay, at walang mga pagkakasalungatan. Ang Aking mga salita ay hindi iresponsable; ang mga iyon

ay lahat wasto at magkakatatugma. Ang mga iyon ay hindi gawa-gawa ni walang-saysay, at bawat tao ay dapat maniwala sa Aking mga pahayag. Sa hinaharap, magdurusa kayo dahil dito. Dahil sa Aking mga salita, maraming tao ang nanlalamig o nawawalan ng pag-asa, o nabibigo, o mapait na lumuluha, o tumatangis. Magkakaroon ng lahat ng uri ng mga pagtugon. Isang araw, pag-urong ng lahat ng taong kinamumuhian Ko, matutupad ang Aking gawain. Sa hinaharap, maraming tao ang babagsak dahil sa mga panganay na anak, at sa katapusan sila ay aalis nang paisa-isang hakbang. Sa madaling salita, ang Aking sambahayan ay unti-unting magiging banal, at lahat ng uri ng demonyo ay dahan-dahang uurong mula sa Aking panig, umaalis nang tahimik, mapagpasakop, at walang anumang hinaing. Pagkatapos niyan, ang Aking mga panganay na anak ay mabubunyag na lahat, at Aking sisimulan ang susunod na hakbang ng Aking gawain. Saka lamang magiging mga haring kasama Ko at mamumuno sa ibabaw ng buong sansinukob ang Aking mga panganay na anak. Ang mga ito ang mga hakbang ng Aking gawain, at bumubuo ang mga ito ng mahalagang bahagi ng Aking plano ng pamamahala. Huwag kayong mabigong mapansin ito; kung hindi, magkakamali kayo.

Kung kailan nabubunyag sa inyo ang Aking mga salita ay ang sandali na Aking sinisimulan ang Aking gawain. Wala kahit isa sa Aking mga salita ang hindi matutupad. Para sa Akin, ang isang araw ay parang isang libong taon, at ang isang libong taon ay parang isang araw. Ano ang pagtanaw ninyo rito? Ang inyong pagkaintindi sa oras ay ibang-iba mula sa Akin, dahil Aking kinokontrol ang mundo ng sansinukob, at Aking tinutupad ang lahat ng bagay. Ang Aking gawain ay ginagawa araw-araw, paisa-isang hakbang, at yugtu-yugto; bukod pa roon, ang pagsulong ng Aking gawain ay hindi humihinto kahit isang saglit: Patuloy itong ginagawa sa bawat sandali. Simula nang likhain ang mundo, hindi pa kailanman nahinto ang Aking mga salita. Nagpatuloy na Ako sa pagsasalita at pagsasatinig ng Aking mga pahayag hanggang sa ngayon, at ito ay mananatiling di-nagbabago sa hinaharap. Gayunpaman, ang Aking panahon ay maingat na nakaplano at organisado, at napakaayos nito. Aking gagawin kung ano ang kailangan Kong gawin kapag kailangan Kong gawin ito (sa Akin, ang lahat ay palalayain, lahat ay magiging malaya), at hindi Ako ginagambala ni bahagya pagdating sa mga hakbang ng Aking gawain. Maaari Kong ayusin ang bawat tao sa Aking sambahayan; maaari Kong ayusin ang bawat tao sa mundo—hindi Ako abala ni kaunti, dahil ang Aking Espiritu ay gumagawa. Pinupuno ng Aking Espiritu ang bawat dako, dahil Ako ang nag-iisang Diyos Mismo at ang buong mundo ng sansinukob ay nasa Aking mga kamay. Sa gayon, makikita ng isang tao na Ako ay makapangyarihan sa lahat, na Ako ay marunong, at na pinupuno ng Aking kaluwalhatian ang bawat sulok ng sansinukob.

Kabanata 108

Sa loob Ko, makatatagpo ang lahat ng kapahingahan, at makatatamo ng kalayaan ang lahat. Yaong mga nasa labas Ko ay hindi maaaring makakuha ng kalayaan ni kaligayahan, dahil wala sa kanila ang Aking Espiritu. Tinatawag na walang kaluluwang bangkay ang yaong mga tao, samantalang tinatawag Ko yaong mga nasa loob Ko na “mga buhay na nilalang na may taglay na espiritu.” Sila ay sa Akin, at tiyak na babalik sila sa Aking trono. Yaong mga naglilingkod at yaong mga kabilang sa diyablo ang mga walang kaluluwang bangkay, at kailangan silang puksaing lahat hanggang tuluyang mawala. Isa itong hiwaga ng Aking plano ng pamamahala, at isang bahagi ng Aking plano ng pamamahala na hindi kayang arukin ng sangkatauhan; gayunman, kasabay niyon, nailantad Ko na ito sa lahat. Yaong mga hindi kabilang sa Akin ay laban sa Akin; yaong mga kabilang sa Akin ang mga kaayon Ko. Lubos itong walang alinlangan, at ito ang prinsipyo sa likod ng Aking paghatol kay Satanas. Dapat na malaman ng lahat ang prinsipyong ito upang makita nila ang Aking pagkamakatuwiran at pagiging makatarungan. Hahatulan, susunugin, at gagawing abo ang lahat ng nagmumula kay Satanas. Ito rin ang Aking poot, at mula rito ay lalo pang magiging maliwanag ang Aking disposisyon. Mula ngayon, hayagang ipahahayag ang Aking disposisyon; unti-unti itong ibubunyag sa lahat ng sambayanan at lahat ng bansa, sa lahat ng relihiyon, lahat ng denominasyon, at sa mga tao sa lahat ng antas ng lipunan. Walang itatago; ibubunyag ang lahat. Ito ay dahil ang Aking disposisyon at ang prinsipyo sa likod ng Aking mga pagkilos ang pinakanatatagong mga hiwaga para sa sangkatauhan kaya kailangan Ko itong gawin (nang sa gayon ay hindi lalabagin ng mga panganay na anak ang Aking mga atas administratibo, at para din magamit ang Aking nabunyag na disposisyon upang hatulan ang lahat ng sambayanan at lahat ng bansa). Ito ang Aking plano ng pamamahala, at ang mga ito ang mga hakbang ng Aking gawain. Walang sinuman ang basta-basta magbabago niyan. Naisabuhay Ko na ang kumpletong disposisyon ng Aking pagka-Diyos sa loob ng Aking pagkatao, kaya hindi Ko hinahayaan ang sinuman na magkasala sa Aking pagkatao. (Lahat ng Aking isinasabuhay ay ang banal na disposisyon; ito ang dahilan kung bakit nasabi Ko noong una na Ako ang Diyos Mismo na nangibabaw na sa normal na pagkatao.) Talagang hindi Ko patatawarin ang sinumang nagkakasala sa Akin, at hahayaan Ko siyang mapahamak magpakailanman! Tandaan! Ito ang Aking napagpasyahan; sa madaling salita, isa itong kailangang-kailangang bahagi ng Aking mga atas administratibo. Dapat itong makita ng lahat: Ang persona na Ako ay Diyos, at higit pa, ang Diyos Mismo. Dapat na malinaw na ito ngayon! Hindi Ako nagsasabi ng anuman nang di-maingat. Malinaw Kong sinasabi at itinuturo ang lahat, hanggang makamit mo ang ganap na pag-unawa.

Napakaigting ng sitwasyon; hindi lamang sa Aking tahanan, kundi lalong higit pa sa labas ng Aking bahay, hinihingi Ko na saksihan ninyo ang Aking pangalan, isabuhay

Ako, at saksihan Ako sa lahat ng aspeto. Dahil ang mga ito ang mga huling panahon, lahat ay handa na ngayon at lahat ay pinananatili ang orihinal nitong kaanyuan, at wala rito ang magbabago kailanman. Yaong mga dapat itapon ay itatapon; at yaong dapat panatilihin ay pananatilihin. Huwag subukang sapilitang kumapit o tumulak palayo; huwag tangkaing gambalain ang Aking pamamahala o sirain ang Aking plano. Mula sa pananaw ng tao, palagi Akong mapagmahal at mahabagin sa sangkatauhan, nguni't mula sa Aking pananaw, naipagkakaiba ang Aking disposisyon ayon sa mga yugto ng Aking gawain, dahil Ako ang praktikal na Diyos Mismo; Ako ang nag-iisang Diyos Mismo! Ako ay parehong di-nababago at laging nagbabago. Isa itong bagay na walang sinumang makaaarok. Kapag sinabi Ko sa inyo ang tungkol dito at ipinaliwanag ito sa inyo saka lamang kayo magkakaroon ng malinaw na pag-unawa rito at magagawang makaintindi. Sa Aking mga anak, Ako ay mapagmahal, mahabagin, matuwid, at madisiplina, nguni't hindi mapanghatol (ang ibig Kong sabihin diyan ay hindi Ko winawasak ang mga panganay na anak). Sa mga tao maliban sa Aking mga anak, nagbabago Ako anumang sandali depende sa pagbabago ng mga kapanahunan: maaari Akong maging mapagmahal, mahabagin, matuwid, maringal, mapanghatol, mabagsik, mapanumpa, nanununog, at sa huli, mapangwasak ng kanilang laman. Yaong mga winasak ay mapapahamak kasama ng kanilang mga espiritu at mga kaluluwa. Gayunpaman, para sa yaong mga naglilingkod, ang kanilang mga espiritu at mga kaluluwa lamang ang mapapanatili (at patungkol sa mga detalye kung paano Ko ito isinasagawa, sasabihin Ko sa inyo sa hinaharap, para inyong maunawaan). Gayunpaman, hindi sila kailanman magkakaroon ng kalayaan at hindi kailanman pakakawalan, dahil sila ay nasa ilalim ng Aking bayan, at nasa ilalim ng pagkontrol ng Aking bayan. Ang dahilan kaya masyado Kong kinamumuhian ang mga tagapagsilbi ay dahil sila ay mga inapong lahat ng malaking pulang dragon, at yaong hindi mga tagapagsilbi ay mga inapo rin ng malaking pulang dragon. Sa madaling salita, lahat ng hindi panganay na anak ay mga inapo ng malaking pulang dragon. Kapag sinasabi Ko na yaong nasa ganap na pagkapahamak ay nag-aalay sa Akin ng walang-hanggang papuri, ibig Kong sabihin na sila ay maglilingkod sa Akin magpakailanman. Nakataga ito sa bato. Ang mga taong iyon ay palaging magiging mga alipin, mga baka, at mga kabayo. Maaari Ko silang katayin ano mang oras, at maaari Ko silang pangibabawan ayon sa Aking nais, dahil mga inapo sila ng malaking pulang dragon at hindi taglay ang Aking disposisyon. Dahil din mga inapo sila ng malaking pulang dragon, mayroon sila ng disposisyon nito; iyan ay, taglay nila ang disposisyon ng mga hayop. Ito ay walang-pasubaling totoo, at walang-hanggang di-nagbabago! Ito ay dahil naitalaga Ko na ang lahat ng ito. Walang sinuman ang makakapagbago nito (ibig Kong sabihin, hindi Ko hahayaan ang sinuman na kumilos laban sa alituntuning ito); kung susubukan mo, pababagsakin kita!

Dapat ninyong tingnan ang mga hiwaga na Aking naibunyag upang makita kung anong hakbang na ang naabot ng Aking plano ng pamamahala at Aking gawain. Tingnan kung ano ang ginagawa Ko sa Aking mga kamay, at tingnan kung kaninong mga tao

bumabagsak ang Aking mga paghatol at Aking poot. Ito ang Aking pagkamakatuwiran. Alinsunod sa mga hiwagang naibunyag Ko na, inilalatag Ko ang Aking gawain at pinamamahalaan Ko ang Aking plano. Walang sinumang makakapagbago nito; kailangan itong magawa nang paisa-isang hakbang ayon sa Aking ninanais. Ang mga hiwaga ang landas kung saan tumatakbo ang Aking gawain, at mga tanda ang mga iyon na ipinapahiwatig ang mga hakbang sa Aking plano ng pamamahala. Walang sinuman ang dapat magdagdag o magbawas ng anuman mula sa Aking mga hiwaga dahil kung ang hiwaga ay mali, ang landas ay mali. Bakit Ko ibinubunyag ang Aking mga hiwaga sa inyo? Ano ang dahilan? Sino sa inyo ang malinaw na makapagsasabi? Bilang karagdagan, nasabi Ko nang ang mga hiwaga ang landas, kaya't ano ang tinutukoy ng landas na ito? Ito ang proseso na inyong pinagdaraan mula sa laman tungo sa katawan, at ito ay isang mahalagang yugto. Pagkatapos Kong ibunyag ang Aking mga hiwaga, unti-unting naaalis ang mga kuru-kuro ng mga tao at ang kanilang mga iniisip ay unti-unting humihina. Ito ang proseso ng pagpasok sa espirituwal na dako. Sa gayon, sinasabi Ko na ang Aking gawain ay nagaganap nang isa-isang hakbang, at hindi ito malabo; ito ang realidad, at ito ang Aking paraan ng paggawa. Walang makapagbabago nito, ni walang sinuman ang makakakamit nito, dahil Ako ang nag-iisang Diyos Mismo! Personal Kong tinatapos ang Aking gawain. Ako lamang ang kumokontrol ng buong mundo ng sansinukob, at Ako lamang ang nag-aayos. Sinong nangangahas na hindi makinig sa Akin? (Sa "Ako lamang," ang ibig Kong sabihin ay Diyos Mismo, dahil ang personang Ako ay ang Diyos Mismo—kaya huwag kumapit nang mahigpit sa iyong sariling mga kuru-kuro.) Sinong nangangahas na lumaban sa Akin? Matindi silang parurusahan! Nakita na ninyo ang kinalabasan ng malaking pulang dragon! Iyon ang katapusan nito, nguni't hindi rin ito maiiwasan. Dapat na magawa Ko Mismo ang gawain nang sa gayon ay mapapahiya ang malaking pulang dragon. Hindi na ito muli pang makababangon, at mawawasak ito sa buong kawalang-hanggan! Nagsisimula na Ako ngayong magbunyag ng mga hiwaga. (Tandaan! Karamihan sa mga hiwagang ibinubunyag ay mga bagay-bagay na malimit ninyong isinasatinig nguni't walang sinumang nakakaunawa.) Nasabi Ko nang ang lahat ng bagay na nakikita ng mga tao na di-tapos ay natapos na sa Aking paningin, at ang mga bagay na Aking nakikita na nag-uumpisa pa lamang ay tila tapos na sa mga tao. Ito ba ay kabalintunaan? Hindi. Ganoon mag-isip ang mga tao dahil mayroon silang sarili nilang mga kuru-kuro at mga saloobin. Ang mga bagay na Aking pinaplano ay natatapos sa pamamagitan ng Aking mga salita (naitatatag ang mga iyon kapag Aking sinabi at natatapos ang mga iyon kapag Aking sinabi). Gayunman, para sa Akin tila ba hindi pa natapos ang mga bagay na nasabi Ko na. Ito ay dahil mayroong taning sa mga bagay na Aking ginagawa. Kaya nakikita Ko ang mga bagay na ito na hindi pa tapos, nguni't sa panlamang mga mata ng mga tao (dahil sa mga pagkakaiba sa kanilang konsepto ng oras), natapos na ang mga iyon. Sa kasalukuyan karamihan sa mga tao ay naghihinala sa Akin dahil sa mga ibinunyag Kong mga hiwaga. Dahil sa pagpasok ng realidad, at dahil hindi tumutugma

ang Aking mga hangarin sa mga kuru-kuro ng mga tao, lumalaban sila sa Akin at itinatatwa Ako. Ito ay si Satanas na binibitag ang sarili sa sarili nitong mga pakana. (Gusto nilang tumanggap ng mga pagpapala, nguni't hindi nila inasahan na ang Diyos ay hindi tutugma sa kanilang sariling mga kuru-kuro nang ganoon kalayo, kaya umuurong sila.) Epekto rin ito ng Aking gawain. Lahat ng tao ay dapat magpuri sa Akin, magbunyi para sa Akin, at magbigay-luwalhati sa Akin. Ang lahat-lahat ay nasa Aking mga kamay, at ang lahat-lahat ay nasa loob ng Aking paghatol. Kapag ang lahat ng sambayanan ay dumako sa Aking kabundukan, at kapag bumalik na matagumpay ang mga panganay na anak, iyon ang magiging katapusan ng Aking plano ng pamamahala. Iyon ang magiging sandali ng pagtatapos para sa Aking anim-na-libong-taong plano ng pamamahala. Ang lahat ay isinasaayos Ko nang personal; nasabi Ko na ito nang maraming beses. Yamang namumuhay pa rin kayo sa loob ng inyong mga kuru-kuro, kailangan Kong bigyang-diin ito nang paulit-ulit para hindi kayo makagawa ng kahit anong mga pagkakamali rito na makagagambala sa Aking plano. Hindi Ako matutulungan ng mga tao, ni hindi sila makakasali sa Aking pamamahala, dahil kasalukuyan pa rin kayong laman at dugo (kahit na kayo ay sa Akin, namumuhay pa rin kayo sa laman). Kung kaya, Aking sinasabi na yaong mga may laman at dugo ay hindi makatatanggap ng Aking pamana. Ito rin ang pangunahing dahilan para papasukin kayo sa espirituwal na dako.

Sa mundo, ang mga lindol ang pasimula ng sakuna. Una, Aking binabago ang mundo—ibig sabihin, ang lupa—at pagkatapos darating ang mga salot at mga taggutom. Ito ang Aking plano, at ang mga ito ang Aking mga hakbang, at pagagalawin Ko ang lahat upang maglingkod sa Akin upang tapusin ang Aking plano ng pamamahala. Sa gayon, ang buong mundo ng sansinukob ay mawawasak, kahit wala ang Aking tuwirang pakikialam. Nang una Akong naging katawang-tao at ipinako sa krus, yumanig nang napakalakas ang lupa, at magiging ganoon din pagdating ng katapusan. Magsisimula ang mga lindol sa mismong sandali na pumasok Ako sa espirituwal na dako mula sa katawang-tao. Sa gayon, ang mga panganay na anak ay walang-pasubaling hindi magdurusa mula sa sakuna, samantalang ang mga taong hindi mga panganay na anak ay maiiwan upang magdusa sa gitna ng mga sakuna. Kaya, mula sa pananaw ng tao, handang maging isang panganay na anak ang lahat. Sa mga pangitain ng mga tao, hindi ito para sa pagtatamasa ng mga pagpapala, kundi para takasan ang pagdurusa ng sakuna. Ito ang pakana ng malaking pulang dragon. Nguni't hindi Ko ito kailanman hahayaang makatakas; pagdurusahin Ko ito ng Aking mabigat na kaparusahan at pagkatapos ay tatayo at maglilingkod sa Akin (tumutukoy ito sa paggawang ganap sa Aking mga anak at Aking bayan), na magdudulot dito na magpakailanmang malinlang ng sarili nitong mga patibong, magpakailanmang tanggapin ang Aking paghatol, at Aking sunugin magpakailanman. Ito ang totoong kahulugan ng gawin ang mga tagapagsilbi na magpuri sa Akin (iyon ay, gamitin sila upang ibunyag ang Aking dakilang kapangyarihan). Hindi Ko hahayaan ang malaking pulang dragon na pumuslit sa Aking kaharian, ni

pagkakalooban Ko ito ng karapatang purihin Ako! (Dahil hindi ito karapat-dapat; hindi ito kailanman magiging karapat-dapat!) Papaglingkurin Ko lamang ang malaking pulang dragon sa Akin hanggang sa kawalang-hanggan! Hahayaan Ko lamang itong magpatirapa sa harap Ko. (Yaong mga nawasak ay mas napapabuti pa kaysa yaong mga nasa kapahamakan; pansamantalang mabigat na kaparusahan lamang ang pagkawasak, samantalang yaong mga nasa kapahamakan ay magdurusa ng matitinding kaparusahan magpakailanman. Sa kadahilanang ito, ginagamit Ko ang salitang “magpatirapa.” Dahil pumupuslit ang mga taong ito sa Aking tahanan at tinatamasa nang malaki ang Aking biyaya, at nagtataglay ng kaunting kaalaman tungkol sa Akin, gumagamit Ako ng mabibigat na kaparusahan. Tungkol naman sa mga nasa labas ng Aking bahay, maaari mong sabihin na hindi magdurusa ang mga mangmang.) Sa mga kuru-kuro ng mga tao, inaakala nila na ang mga taong nawasak ay mas malala kaysa yaong nasa kapahamakan, nguni’t sa kabaligtaran, ang huli ay kailangang mabigat na parusahan magpakailanman, at yaong mga nawasak ay babalik sa kawalan magpakailanman.

Kabanata 109

Ako ay araw-araw na gumagawa ng mga pagbigkas, nagsasalita, at nagbubunyag ng Aking mga dakilang tanda at kababalaghan. Ang lahat ng bagay na ito ang bumubuo sa gawain ng Aking Espiritu. Sa mga mata ng mga tao, Ako ay isang tao lamang, ngunit mismong sa taong ito Ko nagagawang ibunyag ang Aking lahat-lahat at ang Aking dakilang kapangyarihan.

Dahil hindi Ako pinapansin ng mga tao bilang tao at binabalewala ang Aking mga pagkilos, iniisip nila na ang mga bagay na ito ay ginagawa ng isang tao. Gayunman, bakit hindi ka humihinto para isipin kung kayang magawa ng isang tao ang ginagawa Ko? Hindi Ako kilala ng mga tao nang ganito kalalim; hindi nila nauunawaan ang Aking mga salita, at hindi nila naiintindihan ang Aking mga gawa. Masasama at tiwaling mga tao! Kailan kita lululunin? Kailan kita ibabaon sa lawa ng apoy at asupre? Napakaraming beses na Akong itinaboy mula sa inyong grupo, napakaraming beses na Akong ininsulto, tinuya at hinamak ng mga tao, at napakaraming beses na Akong lantarang hinatulan at nilabanan ng mga tao. Bulag na mga tao! Hindi ba ninyo alam na kayo ay isang dakot na putik lamang sa Aking mga kamay? Hindi ba ninyo alam na kayo ay layon lamang ng Aking paglikha? Ang Aking poot ay pinakakawalan ngayon, at walang sinumang makakapagtanggol laban dito. Maaari lamang na paulit-ulit na magmakaawa ang mga tao. Gayunman, dahil ang Aking gawain ay nakasulong hanggang sa antas na ito, walang sinumang makakapagbago nito. Ang mga nilikha ay dapat bumalik sa putik. Hindi ito dahil Ako ay di-matuwid, kundi kayo ay masyadong tiwali at walang pakundangan, at ito ay dahil sa kayo ay naagaw na ni Satanas at naging mga kasangkapan nito. Ako ang banal na Diyos Mismo; hindi Ako maaaring marumihan, at hindi Ako maaaring mag-angkin

ng maruming templo. Mula ngayon, ang Aking nagngangalit na pagkapoot (mas matindi kaysa galit) ay magsisimulang bumuhos sa lahat ng bansa at tao, at kakastiguhin ang lahat ng pasaway na nagmumula sa Akin ngunit hindi nakakakilala sa Akin. Kinamumuhian Ko ang mga tao hanggang sa kasukdulan, at hindi na Ako maaawa; sa halip, ay magpapaulan ng lahat ng Aking mga sumpa. Walang-pasubaling hindi na magkakaroon ng kahabagan at pag-ibig, lahat ay susunugin tungo sa kawalan, at ang kaharian Ko lamang ang matitira, nang sa gayon ay pupurihin Ako ng Aking mga tao sa Aking sambahayan, bibigyan Ako ng luwalhati, at pasasayahin Ako magpakailanman (ito ang tungkulin ng Aking mga tao). Magsisimula ang Aking kamay na opisyal na kastiguhin ang mga kapwa nasa loob at nasa labas ng Aking sambahayan. Walang mga gumagawa ng masama ang makakatakas sa Aking pagsunggab at paghatol; ang lahat ay dapat sumailalim sa pagsubok na ito at sambahin Ako. Ito ang Aking pagiging maharlika, at higit pa rito, ito ay isang atas administratibo na Aking ipinahahayag sa mga gumagawa ng masama. Walang sinumang makakapagligtas sa iba. Maaari lamang nilang lingapin ang mga sarili nila mismo, ngunit anuman ang gawin nila, hindi nila kayang takasan ang Aking kamay ng pagkastigo. Ang dahilan kaya nasabing ang Aking mga atas administratibo ay marahas ay ibinubunyag dito; ito ay isang katotohanan na makikita ng sinuman gamit ang kanilang sariling mga mata.

Kapag nagsimula Akong magalit, lahat ng demonyo, malalaki at maliliit, ay lalayas na natataranta, takot na takot na mamamatay sila sa hampas ng Aking kamay—ngunit walang sinumang makakatakas mula sa Aking mga kamay. Hawak Ko sa Aking kamay ang lahat ng gamit sa pagpapahirap; kinokontrol ng kamay Ko ang lahat ng bagay, lahat ay abot-kamay Ko, at walang makakawala. Ito ang Aking karunungan. Nang dumating Ako sa lugar ng mga tao, natapos Ko na ang lahat ng uri ng gawain sa paghahanda, inilalatag ang saligan para sa pagsisimula ng Aking gawain sa gitna ng mga tao (ito ay dahil Ako ang marunong na Diyos, at hinaharap Ko nang wasto kung ano ang dapat na gawin at ano ang hindi dapat na gawin). Pagkatapos na ang lahat ay naayos nang wasto, Ako ay naging katawang-tao at nagtungo sa lugar ng mga tao. Gayunman, walang nakakilala sa Akin. Bukod sa mga niliwanagan Ko, lahat ng anak ng paghihimagsik ay kumakalaban sa Akin, hinihiya Ako, at malamig ang pakikitungo sa Akin. Ngunit sa katapusan, gagawin Ko silang may-mabuting-asal at mapagpasakop. Bagaman para sa mga tao ay parang wala Akong gaanong ginagawa, ang Aking malaking gawain ay natapos na. (Ganap na sinusunod ang taong Ako ng mga tao kapwa sa salita at sa puso; ito ay isang palatandaan.) Ngayon, bumabangon Ako at kinakastigo ang lahat ng uri ng masasamang espiritu na lumalaban sa Akin. Gaano man katagal nila Akong sinundan, kailangan nilang umalis sa Aking tabi. Hindi Ko gusto ang sinuman na laban sa Akin (sila ay ang mga kulang sa espirituwal na pang-unawa, ang mga pansamantalang sinapiang ng masasamang espiritu, at ang mga hindi nakakakilala sa Akin). Hindi Ko gusto ang isa man sa kanila! Lahat ay aalisin, at magiging mga anak ng kapahamakan! Pagkatapos gumawa ng serbisyo para sa Akin ngayon, silang lahat ay dapat na umalis! Huwag

manatili sa Aking sambahayan; itigil mo na ang patuloy mong pagpapalibre nang walang kahihyan! Ang lahat ng nabibilang kay Satanas ay mga anak ng diyablo, at malilipol magpakailanman. Lahat ng kumakalaban sa Akin ay tahimik na lilisanin ang Aking tabi upang ang tulin ng Aking gawain ay magiging lalong di-nahahadlangan at wala nang panggagambala. Lahat ng bagay ay gagawin sa Aking utos, nang walang anumang mga balakid at paghadlang. Lahat ay babagsak sa harap ng Aking pagtitig at mawawasak sa Aking pagsunog. Ipinakikita nito ang Aking pagiging makapangyarihan sa lahat at ang Aking perpektong karunungan (kung ano ang ginawa Ko sa Aking mga panganay na anak). Ito'y magdaragdag ng higit pang luwalhati sa Aking pangalan, at magdaragdag ng higit pang luwalhati sa Akin. Mula sa Aking ginagawa at mula sa tono ng Aking tinig, makikita ninyong lahat na lubusan Ko nang natapos ang Aking gawain sa Aking bahay, at nagsimula na Akong bumaling sa mga Hentil na bansa. Sinisimulan Ko na ang Aking gawain doon, at ipinatutupad ang susunod na hakbang ng Aking gawain.

Karamihan sa Aking mga salita ay hindi tumutugma sa inyong mga kuru-kuro—ngunit Aking mga anak, huwag umalis. Hindi nangangahulugan na ito ay hindi ang Aking mga pagbigkas kung hindi ito tumutugma sa mga kuru-kuro ng mga tao. Tiyak na ito ang magpapatunay na talagang binigkas Ko ang mga ito. Kung ang Aking mga salita ay nakaayon sa mga kuru-kuro ng mga tao, kung gayon iyan ay magiging ang gawain ng masasamang espiritu. Kaya, dapat mong higit pang pagsikapan ang Aking mga salita, gawin ang Aking ginagawa, at mahalin ang Aking minamahal. Ang huling kapanahunang ito ay ang kapanahunan din kung kailan ang mga sakuna ay darating muli, at higit pa rito, ito ang kapanahunan kung kailan Aking ibinubunyag ang lahat ng Aking mga disposisyon. Kapag ang lahat ng Aking mga banal na trumpeta ay nagsimulang tumunog, ang mga tao ay tunay na matatakot; sa panahong iyon, walang sinumang mangangahas na gumawa ng masama, kundi sila sa halip ay magpapatirapa sa Aking harapan, nagpapahalaga sa Aking karunungan at pagiging makapangyarihan sa lahat. Ako nga, pagkatapos ng lahat, ang marunong na Diyos Mismo! Sino ang makakapagpabulaanan sa Akin? At sino ang nangangahas na tumayo laban sa Akin? Sino ang nangangahas na hindi tanggapin ang Aking karunungan? Sino ang nangangahas na hindi alamin ang Aking pagiging makapangyarihan sa lahat? Kapag ang Aking Espiritu ay gumagawa ng dakilang gawain sa lahat ng dako, nalalaman ng lahat ang Aking pagiging makapangyarihan sa lahat, ngunit ang Aking nilalayan ay hindi pa rin naabot. Dahil sa Aking poot, nais Kong makita ng mga tao ang Aking pagiging makapangyarihan sa lahat, ang Aking karunungan, at ang luwalhati ng Aking persona. (Itong lahat ay naipapamalas sa mga panganay na anak; ito ay lubos na totoo. Bukod sa kanila, walang sinuman ang maaaring maging bahagi ng Aking persona; ito ay Akin nang itinalaga.) Sa Aking bahay, mayroong walang-katapusang mga hiwaga na hindi maaarok ng mga tao. Kapag Ako ay nagsasalita, sinasabi ng mga tao na Ako ay masyadong walang-awa. Sinasabi nila na napakaraming tao ang nagmamahal na sa Akin hanggang sa isang antas. Kung gayon, bakit Ko sinasabi na sila ay ang mga inapo

ng malaking pulang dragon? Higit pa rito, bakit Ko sila isa-isang tatalikuran? Hindi ba mas mabuti na magkaroon ng mas maraming tao sa Aking sambahayan? Gayunman, patuloy Akong kumikilos sa ganitong paraan. Hindi maaaring humigit ng isa ni magkulang ng isa ang bilang na Aking paunang itinalaga. (Ito ang Aking atas administratibo. Hindi lamang ito hindi maaaring mabago ng sinumang tao, ngunit kahit Ako Mismo ay hindi makakapagbago nito, dahil hindi Ako maaaring yumukod sa harap ni Satanas. Ito ay sapat na upang patunayan ang Aking karunungan at pagiging maharlika. Ako nga ang iisang Diyos Mismo. Ang mga tao ay yumuyukod sa harap Ko; hindi Ako yumuyukod sa harap ng mga tao.) Ito ang mismong punto na pinakananghihiya kay Satanas. Ang lahat ng mga taong Akin nang pinili ay mapagkumbaba, mapagpasakop, masunurin, at tapat, at makapaglilingkod sila sa Akin nang may kababaang-loob at nang tahimik. (Inasam ni Satanas na gamitin ito para hiyain Ako, ngunit bilang ganti ay tinalo Ko si Satanas.) Ang Aking disposisyon ay makikita mula sa mga taong ito. Kapag Ako ay nakabalik na pagkatapos ng tagumpay sa labanan, Aking papahiran ang Aking mga panganay na anak upang maging mga hari sa Aking kaharian, at saka lamang Ako magsisimulang magpahinga, dahil sila ay mamumuno bilang mga hari kasama Ko. Ang Aking mga panganay na anak ay kumakatawan sa Akin, at ipinahahayag nila Ako. Sa kanilang mapagkumbaba at tahimik na paglilingkod ay nagpapasakop sila sa Akin; sa kanilang katapatan ay ipinatutupad nila ang Aking mga salita; sa kanilang katapatan ay sinasabi nila ang Aking sinasabi; at sa kanilang pagpapakumbaba ay nagdadala sila ng luwalhati sa Aking pangalan (nang walang kabastusan o kabagsikan, kundi nang may pagiging maharlika at poot). Aking mga panganay na anak! Panahon na upang hatulan ang mundo ng sansinukob! Ipinagkakaloob Ko ang mga pagpapala sa inyo, binibigyan Ko kayo ng awtoridad, at ginagantimpalaan Ko kayo ng isang bahagi ng mga pagpapala! Lahat ay natupad na, at ang lahat ng ito ay kinokontrol at isinasaayos ninyo, dahil Ako ang inyong Ama; Ako ang inyong matibay na tore, Ako ang inyong kanlungan, at Ako ang inyong sandigan. Higit pa rito, Ako ang inyong Siyang Makapangyarihan sa lahat; Ako ang inyong lahat-lahat! Lahat ng bagay ay nasa Aking mga kamay, at lahat ay nasa inyo ring mga kamay. Kabilang dito hindi lamang ang ngayon, kundi pati ang kahapon, at maging ang bukas! Hindi ba ito karapat-dapat na ipagdiwang? Hindi ba ito karapat-dapat sa inyong pagbubunyi? Kayong lahat, tanggapin ninyo mula sa Akin ang bahaging karapat-dapat sa inyo! Ibinibigay Ko sa inyo ang Aking lahat-lahat, nang hindi nagtatabi ng kahit katiting sa Aking sarili, dahil lahat ng Aking pag-aari ay sa inyo, at ang Aking mga kayamanan ay nasa inyo. Ito ang dahilan kung bakit Ko sinabing “napakabuti” pagkatapos likhain kayo.

Alam ba ninyo kung sino ang namamahala sa inyong ginagawa, iniisip, at sinasabi ngayon? Ano ang layon ng lahat ng inyong ginagawa? Tinatanong Ko kayo, paano kayo dumadalo sa kasalang piging ng Cordero? Ito ba ay ngayon? O ito ba ay sa hinaharap? Ano ba ang kasalang piging ng Cordero? Hindi ninyo alam, hindi ba? Kung gayon ay ipaliliwanag Ko ito para sa inyo: Nang dumating Ako sa lugar ng mga tao, inayos Ko ang

lahat ng uri ng mga tao, mga pangyayari, at mga bagay para paglingkuran ang taong Ako ngayon. Ngayon na ang lahat ay tapos na, Aking ihinahagis ang mga tagapagsilbi sa tabi. Ano ang kinalaman nito sa kasalang piging? Kapag ang mga taong ito ay nag-uukol ng serbisyo sa Akin—ibig sabihin, nang Ako ay ginawang Cordero—nadarama Ko ang lasa ng kasalang piging. Sa ibang salita, lahat ng sakit na pinagdusahan Ko na, lahat ng bagay na ginawa Ko na, lahat ng sinabi Ko na, lahat ng nakatagpo Ko na, at lahat ng nagawa Ko na sa buong buhay Ko ay ang bumubuo sa kasalang piging. Pagkatapos na ang taong Ako ay pinahiran, nagsimula na Kayong sumunod sa Akin (sa panahong ito, Ako ay naging ang Cordero); kaya sa ilalim ng Aking pangunguna, naranasan ninyo na ang lahat ng uri ng sakit at sakuna, tinalikuran at siniraan kayo ng mundo, tinalikuran ng pamilya, at nabubuhay kayo sa Aking pagpapala. Lahat ng ito ay mga bahagi ng kasalang piging ng Cordero. Ginagamit Ko “ang kasalang piging” dahil ang lahat ng inakay Ko kayong gawin ay para makamit kayo. Gayunman, ang lahat ng ito ay bahagi ng piging. Sa hinaharap—o, masasabi na ngayon—lahat ng inyong tinatamasa, lahat ng inyong tinatamo, at ang lahat ng makaharing kapangyarihan na pinagbabahagian natin ay bahagi ng piging. Ang Aking pag-ibig ay dumarating sa lahat ng umiibig sa Akin. Ang Aking mga iniibig ay mananatili magpakailanman, hindi kailanman maaalis, magpakailanman mananatili sa loob ng Aking pag-ibig. Ito ay magpakailanman!

Kabanata 110

Kapag nabunyag na ang lahat, iyon ay kung kailan Ako mamamahinga at, higit pa rito, iyon ay kung kailan ang lahat ay nasa ayos na. Personal Kong ginagawa ang Aking sariling gawain; pinangangasiwaan at isinasaayos Ko Mismo ang lahat. Kapag lumabas Ako sa Sion at kapag bumalik Ako, at kapag ang Aking mga panganay na anak ay nagawa Ko nang ganap, matatapos Ko na ang Aking dakilang gawain. Sa mga kurukuro ng mga tao, ang isang bagay na ginagawa ay dapat na nakikita at nasasalat, ngunit sa tingin Ko rito, tapos na ang lahat sa sandaling pinaplano Ko ito. Ang Sion ang Aking tirahan, at ito rin ang Aking hantungan; doon Ko ibinubunyag ang Aking pagiging makapangyarihan sa lahat, at doon namin pagsasaluhan ng Aking mga panganay na anak ang aming kaligayahan bilang isang pamilya. Doon Ako ay maninirahang kasama nila magpasawalang hanggan. Ang Sion, ang magandang lugar na iyon, na kinasasabikan ng mga tao. Di-mabilang na mga tao na ang naghangad sa Sion sa buong mga kapanahunan, ngunit mula sa pasimula, wala pa ni isang nakapasok rito. (Wala kahit sinuman sa mga banal at mga propeta mula sa nakalipas na mga kapanahunan ang nakapasok na sa Sion; ito ay dahil pinipili Ko ang Aking mga panganay na anak sa mga huling araw, at silang lahat ay ipinanganganak sa loob ng panahong ito; sa pamamagitan nito, ang Aking awa at ang Aking biyaya, na Aking nabanggit na, ay mas

naging malinaw.) Bawat isang tao na isang panganay na anak ngayon ay papasok sa Sion kasama Ko at tatamasahin ang pagpapalang iyon. Itinataas Ko ang Aking mga panganay na anak hanggang sa isang partikular na antas dahil taglay nila Aking kakayahan at ang Aking maluwalhating larawan, at dahil kaya nilang magpatotoo sa Akin, luwalhatiin Ako, at isabuhay Ako. Higit pa rito, kaya nilang talunin si Satanas at hiyain ang malaking pulang dragon. Ito ay dahil ang Aking mga panganay na anak ay dalisay na mga birhen; sila ang mga iniibig Ko, at sila ang mga napili Ko na at pinaboran. Ang dahilan kung bakit itinataas Ko sila ay dahil makatatayo sila sa kanilang sariling mga posisyon at kayang mapagpakumbaba at tahimik na maglingkod sa Akin, at magbigay ng makapangyarihang patotoo para sa Akin. Ginugol Ko nang lahat ang Aking lakas sa Aking mga panganay na anak, at maingat Ko nang isinaayos ang lahat ng uri ng mga tao, mga pangyayari, at mga bagay para sa kanilang paglilingkod. Sa katapusan, sasanhiin Kong makita ng lahat ang Aking buong kaluwalhatian sa pamamagitan ng Aking mga panganay na anak, at lubos na makukumbinsi Ko ang lahat tungkol sa Akin dahil sa kanila. Hindi Ko pupuwersahin ang anumang demonyo, at hindi Ako natatakot sa kanilang pagiging laganap o sa kanilang kawalang-taros, sapagkat mayroon Akong mga saksi at may awtoridad Ako sa Aking mga kamay. Makinig sa Akin ngayon, mga taong kauri ni Satanas! Ang layon sa likod ng bawat salitang binibigkas Ko at ng lahat ng ginagawa Ko ay para perpektuhin ang Aking mga panganay na anak. Samakatuwid ay dapat mong bigyang-pansin ang Aking mga utos at sumunod sa Aking mga panganay na anak; kung hindi ay iwawasto kita sa pagpaparanas sa iyo ng agad ng kapahamakan! Ang Aking mga panganay na anak ay nagsimula nang isakatuparan ang Aking mga atas administratibo dahil sila lang ang mga karapat-dapat na magtaas ng Aking trono; at pinahiran Ko na sila. Sinumang hindi nagpapasakop sa Aking mga panganay na anak ay tiyak na hindi mabuti, at na, walang alinlangang ipinadala ng malaking pulang dragon para guluhin ang Aking plano ng pamamahala. Ang gayong masasama ay agad na itutulak palabas ng Aking sambahayan. Hindi Ko nais na gumawa ng serbisyo sa Akin ang ganyang uri ng bagay; haharapin nito ang walang hanggang pagkawasak—at haharapin nila ito sa lalong madaling panahon, nang walang pagkaantala! Ang mga nasa paglilingkod sa Akin ay dapat nakatanggap na ng Aking pagsang-ayon; dapat silang maging masunurin nang hindi nag-aalala tungkol sa halagang maaaring bayaran nila. Kung sila ay mapaghimagsik, hindi sila karapat-dapat na gumawa ng serbisyo sa Akin; hindi Ko kailangan ang gayong mga nilalang. Dapat silang magmadali at lumayo mula rito; walang pasubaling hindi Ko sila nais! Dapat maging malinaw ito sa iyo ngayon! Ang mga gumagawa ng serbisyo sa Akin ay dapat na gawin itong mahusay at huwag magsanhi ng anumang mga problema. Kung nararamdaman mong wala ka nang pag-asa, at nagsisimulang magdulot ng mga problema, tatapusin kita nang walang pag-aatubili! Malinaw ba sa inyo na mga naglilingkod sa Akin ang tungkol doon? Ito ang Aking atas administratibo.

Ang pagpapatotoo para sa Akin ay ang tungkulin ng Aking mga panganay na anak,

kaya hindi Ko kinakailangan na gumawa kayo ng anuman para sa Akin; masisiyahan Ako hanggat ginagampanan ninyo nang maayos ang inyong mga tungkulin at tinatamasa ang mga pagpapalang ipinagkakaloob Ko sa inyo. Nang Ako ay naglakbay sa buong sansinukob at hanggang sa mga dulo ng mundo, pinili Ko ang Aking mga panganay na anak at ginawa silang ganap. Ito ay isang bagay na tinapos Ko bago Ko nilikha ang mundo; walang sinuman sa sangkatauhan ang nakaaalam nito, gayunman ang Aking gawain ay naisakatuparan sa katahimikan. Ang katotohanang ito ay hindi kaayon ng mga kuru-kuro ng tao! Gayunpaman, ang mga katotohanan ay mga katotohanan, at walang sinuman ang makapagbabago sa mga ito. Kapwa malalaki at maliliit na demonyo, sa pamamagitan ng kanilang mga pagpapanggap, ay ibinunyag ang tunay nilang mga anyo, at napasailalim sa Aking pagkastigo sa magkakaibang antas. May mga hakbang sa Aking gawain, at may karunungan sa Aking mga salita. Mula sa Aking mga kilos at mga salita, may nakita na ba kayong anuman? Gumagawa at nagsasalita lang ba Ako ng mga bagay-bagay? Ang Akin bang mga salita ay basta lang malupit, mapanghusga, o nakaaaliw? Masyado iyong simple, ngunit para sa sangkatauhan, hindi simple ang pagtingin dito. Hindi lang mayroong karunungan, paghatol, pagiging matuwid, pagiging maharlika, at kaaliwan sa Aking mga salita, subalit higit pa roon, tinataglay nito kung anong mayroon at kung ano Ako. Bawat isa sa Aking mga salita ay isang hiwaga na hindi maibubunyag ng sangkatauhan; ang Aking mga salita ay lubusang di-malirip, at bagaman ang mga hiwaga ay ibinunyag na, nasa labas pa rin ang mga ito ng saklaw ng imahinasyon at pag-unawa ng sangkatauhan, batay sa mga kakayahan ng sangkatauhan. Ang pinakamadaling salita para sa Akin na maunawaan ay ang pinakamahirap na bagay para sa mga tao na maunawaan, kaya ang pagkakaiba sa pagitan Ko at nila ay gaya ng pagkakaiba sa pagitan ng langit at lupa. Ito ang dahilan kung bakit gusto Kong ganap na baguhin ang mga anyo ng Aking mga panganay na anak at buo silang papasukin sa katawan. Sa hinaharap, hindi lang sila papasok sa katawan mula sa laman, kundi babaguhin nila ang kanilang mga anyo sa magkakaibang antas habang nasa loob nito. Ito ang Aking plano. Ito ay isang bagay na hindi magagawa ng mga tao; ganap na walang paraan para magawa nila ito. Kaya, kahit pa ipaliwanag Ko ito sa inyo nang detalyado, hindi pa rin ninyo mauunawaan; maaari lang pumasok sa isang pakiramdam ng higit sa natural. Ito ay dahil sa Ako ang marunong na Diyos Mismo.

Kapag nakakikita kayo ng mga hiwaga, tumutugon kayo sa paanuman. Kahit na, sa kaibuturan, hindi ninyo tinatanggap o kinikilala ang mga hiwagang ito, kinikilala ninyo ang mga ito sa salita. Ang ganitong uri ng tao ang pinakamapanlilang, at kapag ibinubunyag Ko ang mga hiwaga, aalisin at tatalikdan Ko sila isa-isa. Gayunpaman, lahat ng ginagawa Ko ay ginagawa nang may mga hakbang. Hindi Ko ginagawa ang mga bagay-bagay nang padalus-dalos, o pikit-matang bumubuo ng konklusyon; ito ay dahil taglay Ko ang pang-Diyos na disposisyon. Ganap na hindi kaya ng mga taong magkamit ng malinaw na pagkaunawa sa kung ano ang ginagawa Ko sa kasalukuyan, o sa kung

ano ang gagawin Ko sa Aking susunod na hakbang. Tanging kapag binibigkas Ko ang mga salita ng isang hakbang, ang paraan Ko ng paggawa ay sumusulong nang isang hakbang kasama Ko. Lahat ay nangyayari sa loob ng Aking mga salita, at ang lahat ay ibinubunyag sa loob ng Aking mga salita, kaya walang sinuman ang dapat na mainip; sapat na ang maayos na paggawa ng serbisyo sa Akin. Bago ang mga kapanahunan, gumawa Ako ng propesiya tungkol sa isang puno ng igos, subalit sa lumipas na mga kapanahunan, walang sinumang nakakita ng isang puno ng igos at walang sinumang makapagpaliwanag dito, at kahit nabanggit na ang mga salitang ito sa naunang mga papuri, walang sinumang may alam ng tunay na kahulugan ng mga ito. Nakalito sa mga tao ang mga salitang ito, gaya ng pariralang, “ang matinding sakuna,” at nagdulot ito ng isang hiwaga na hindi Ko kailanman binuksan sa sangkatauhan. Inisip ng mga tao na marahil ang puno ng igos ay isang magandang uri ng namumungang puno, o kaya marahil, higit pa rito, tumutukoy ito sa mga banal—gayunpaman, napakalayo pa rin nila sa tunay na kahulugan ng mga salitang ito. Sasabihin Ko ito sa inyo kapag binuksan Ko na ang Aking balumbon sa mga huling araw. (“Ang balumbon” ay tumutukoy sa lahat ng salita na nasabi Ko na—ang Aking mga salita sa mga huling araw; napapaloob dito ang lahat ng mga ito.) Tumutukoy “ang puno ng igos” sa Aking mga atas administratibo—bawat isa sa mga ito. Subalit ito ay isang bahagi lang ng ibig sabihin nito. Tumutukoy ang pagsibol ng puno ng igos sa Aking pagsisimulang gumawa at magsalita sa katawang-tao, ngunit ang Aking mga atas administratibo ay hindi pa rin naipapaalam (at ito ay dahil, sa panahong iyon, wala pang ipinanganganak na saksi sa Aking pangalan at walang sinumang may alam sa Aking mga atas administratibo). Kapag sinasaksihan at pinalalaganap ang Aking pangalan, kapag pinupuri ito ng lahat ng tao, at kapag namumunga na ang Aking mga atas administratibo, iyon ang panahon ng pamumunga ng puno ng igos. Ito ang buong paliwanag, na walang anumang tinanggal; ibinubunyag ang lahat dito. (Sinasabi Ko ito dahil sa Aking naunang mga salita, may isang bahagi na hindi Ko pa ibinunyag nang buo; samakatuwid ay kinailangan ninyong matiyagang maghintay at maghanap.)

Kapag ginawa Kong ganap ang mga panganay na anak, ibubunyag Ko ang Aking buong kaluwalhatian at ang Aking buong anyo sa mundo ng sansinukob. Isasagawa ito sa katawan, at ito ay magiging nasa ibabaw ng lahat ng tao, sa Aking sariling persona; ito ay mangyayari sa Aking Bundok Sion at sa Aking kaluwalhatian, at sa partikular, isasagawa ito sa gitna ng sigawan ng mga papuri. Higit pa rito, ang Aking mga kaaway ay aatras sa paligid Ko, bumababa tungo sa walang hanggang hukay at sa lawa ng apoy at asupre. Ang kayang maguni-guni ng mga tao ngayon ay limitado, at hindi kaayon ng orihinal Kong intensyon; ito ang dahilan kung bakit Ko tinatarget ang mga kuru-kuro at mga iniisip ng mga tao araw-araw kapag nagsasalita Ako. Darating ang araw (ang araw ng pagpasok sa katawan) kung kailan ang sinasabi Ko ay magiging lubos na naaangkop sa inyo, at hindi kayo magkakaroon ng paglaban o anupaman. Sa sandaling iyon, mawawala na ang mga kaisipan ninyo, at pagkatapos ay titigil na Akong gumawa ng

mga pahayag. Yamang mawawala na sa inyo ang sarili ninyong mga kaisipan, tuwiran Ko na lang kayong bibigyang-liwanag—ito ang pagpapalang tatamasahin ng mga panganay na anak, at mangyayari ito kapag maghari na silang kasama Ko bilang mga hari. Hindi naniniwala ang mga tao sa mga bagay-bagay na hindi nila maguni-guni, at kahit na may ilang naniniwala, ginagawa lang nila iyon dahil sa Aking natatanging pagbibigay-liwanag sa kanila. Kung hindi, walang sinumang maniniwala, at ito ay isang bagay na dapat maranasan. (Kung hindi dadaan sa hakbang na ito, hindi maibubunyag ang Aking dakilang kapangyarihan, at nangangahulugan ito na sa pamamagitan ng pagbikas lang ng Aking mga salita, inaalís Ko sa mga tao ang kanilang mga kuru-kuro. Walang iba pang makagagawa ng gawaing ito, at walang sinumang makapapalit sa Akin. Ako ang tanging Isa na makatatapos nito; gayunpaman, hindi ito tiyak. Dapat Kong gawin ang gawaing ito sa pamamagitan ng sangkatauhan.) Sumisigla ang mga tao matapos marinig ang Aking mga salita, ngunit sa huli, umaatras silang lahat. Hindi nila ito maiwasang gawin. Samantala, may mga hiwaga na hindi maintindihan ng mga tao. Walang sinumang makaguni-guni kung ano ang mangyayari, at tutulutan Ko kayong makita ito sa Aking ibinubunyag. Sa pamamagitan noon, ang tunay na kahulugan ng mga salita Kong ito ay magiging maliwanag: “Bubunutin Kong lahat ang mga hindi angkop para sa Aking paggamit.” Ang Aking mga panganay na anak ay may sari-saring mga pagpapamalas, gayundin ang Aking mga kaaway. Lahat ng mga ito ay ibubunyag sa inyo, nang isa-isa. Tandaan! Sinuman bukod sa mga panganay na anak ay may gawain ng masasamang espiritu; silang lahat ay mga utusan ni Satanas. (Malapit na silang malantad, isa-isa, ngunit may ilan na kailangang gumawa ng serbisyo hanggang sa katapusan, at may ilan na kailangan lang gumawa ng serbisyo sa loob ng ilang panahon.) Sa ilalim ng gawain ng Aking mga salita, ipakikita ng lahat ang kanilang totoong mga anyo.

Bawat bansa, bawat lugar, at bawat denominasyon ay nagtatamasa ng kayamanan ng Aking pangalan. Sapagkat ang sakuna ay kasalukuyang nagbabanta, at abot-kamay Ko, naghahanda Ako na unti-unti sanhiin itong bumuhos, ang lahat ay nagmamadaling hanapin ang tunay na daan, na dapat mahanap kahit na ang kabayaran nito ay ang pagsuko sa lahat. Sa lahat ng bagay, mayroong Akong sarili Kong pagsasaoras. Tuwing sinasabi Ko na matatapos ito, matatapos ito sa sandaling iyon mismo, sa takdang minuto, at maging sa takdang segundo. Walang sinumang makahahadlang dito o makapagpapatigil dito. Matapos ang lahat, ang malaking pulang dragon ay ang Aking natalong kaaway; ito ay isang tagapagsilbi sa Akin, at ginagawa nito anuman ang sinasabi Ko rito nang walang anumang paglaban. Ito ay totoong Aking hayop na pantrabaho. Kapag ang Aking gawain ay natapos na, itatapon Ko ito sa walang hanggang hukay at sa lawa ng apoy at asupre (tinutukoy Ko ang mga winasak). Ang nawasak ay hindi lang makakatikim ng kamatayan, kundi sila rin ay matinding parurusahan dahil sa kanilang pang-uusig sa Akin. Ito ay gawaing patuloy Kong gagawin sa pamamagitan ng mga tagapagsilbi. Ipakakatay at ipawawasak Ko kay Satanas ang

sarili nito, ganap na nililipol ang mga inapo ng malaking pulang dragon. Ito ay isang bahagi ng Aking gawain; pagkatapos noon, babaling Ako patungo sa mga bansang Hentil. Ito ang mga hakbang ng Aking gawain.

Kabanata 111

Tiyak na pagpapalain ang lahat ng bansa dahil sa Iyo; ipagbubunyi at pupurihin Ako ng lahat ng tao dahil sa Iyo. Lalago at uunlad ang Aking kaharian, at mananatili magpakailanman. Walang sinumang papayagang yumurak dito at walang anumang papayagang umiral na hindi umaayon sa Akin, sapagkat Ako ang maharlikang Diyos Mismo, na walang pinalalampas na paglabag. Hindi Ko hinahayaan ang sinuman na hatulan Ako, at hindi Ko hinahayaan ang sinuman na maging hindi Ko kaayon. Sapat na ito upang ipakita ang Aking disposisyon at ang Aking pagiging maharlika. Kapag lumalaban ang sinuman sa Akin, parurusahan Ko siya sa sarili Kong panahon. Bakit walang sinumang nakakita na sa Akin na pinarurusahan ang sinuman? Ito ay dahil lang sa hindi pa dumating ang Aking oras at hindi pa talaga kumikilos ang Aking kamay. Bagaman umulan na ng matitinding sakuna, binubuo lang ito ng pagsasalita tungkol sa kung ano ang nasasangkot sa matitinding sakuna, habang ang realidad ng matitinding sakuna ay hindi pa sumapit sa sinumang tao. Naintindihan na ba ninyo ang kahit na ano mula sa Aking mga salita? Ngayon, sisimulan Kong ipalabas ang realidad ng matitinding sakuna. Pagkatapos nito, sinumang lumalaban sa Akin ay pababagsakin ng Aking kamay. Sa nakalipas, lahat ng nagawa Ko ay upang ilantad ang ilang tao; wala pang matinding sakuna ang dumating. Ang ngayon ay iba sa nakalipas. Yamang nasabi Ko na sa inyo ang lahat ng tungkol sa kung ano ang nasasangkot sa matitinding sakuna, ipahahayag Ko sa publiko, sa isang itinalagang panahon, ang realidad ng matitinding sakuna. Bago ito, walang sinumang naapektuhan na ng isang matinding sakuna, kaya karamihan sa mga tao (ibig sabihin, ang mga anak ng malaking pulang dragon) ay nagpatuloy na kumilos nang walang habas at basta-basta. Kapag dumating ang realidad, ang masasamang nilalang na ito ay ganap na makukumbinsi. Kung hindi, lahat ay magiging di-sigurado sa Akin, at walang magiging malinaw tungkol sa Akin. Ito ang Aking atas administratibo. Mula rito, makikita na ang Aking paraan ng paggawa (tumutukoy sa Aking paraan ng paggawa sa lahat ng tao) ay nagsimula nang magbago: Ipinakikita Ko ang Aking poot, ang Aking paghatol, at ang Aking sumpa sa mga inapo ng malaking pulang dragon, at nagsimula na ang Aking kamay na kastiguhin ang lahat ng lumalaban sa Akin. Ipinakikita Ko ang Aking awa at ang Aking mapagmahal na kabaitan sa mga panganay na anak. Lalong higit pa, sa mga panganay na anak, ipinakikita Ko ang Aking banal na disposisyon, na walang pinalalampas na paglabag; ipinakikita Ko ang Aking awtoridad, at ipinakikita Ko ang Aking persona. Pumirmi na ang mga tagapagsilbi upang gumawa ng serbisyo sa Akin, at, ang Aking mga panganay na

anak ay nakikilala nang nakikilala. Sa pagpapabagsak sa mga lumalaban sa Akin, hinahayaan Ko ang mga tagapagsilbi na makita ang Aking walang-awang kamay, upang gumawa sila ng serbisyo sa Akin nang may takot at pangininginig. Gayundin, hinahayaan Kong makita ng Aking mga panganay na anak ang Aking awtoridad at maunawaan Ako nang mas mabuti upang lumago sila sa buhay. Ang mga salitang binigkas Ko sa huling panahon (kasama na ang mga atas administratibo, propesiya, at paghatol sa lahat ng uri ng mga tao) ay nagsisimulang matupad nang sunud-sunod; ibig sabihin, makikita ng mga tao na nagkatotoo ang Aking mga salita sa harap ng kanilang mga mata, makikita na wala sa Aking mga salita ang walang saysay, bagkus ang bawat isa sa mga ito ay praktikal. Bago matupad ang Aking mga salita, maraming tao ang aalis dahil hindi pa natupad ang mga ito. Ito ang paraan ng paggawa Ko—hindi lang ito tungkulin ng Aking tungkod na bakal, subalit lalong higit pa, ito ang karunungan ng Aking mga salita. Mula sa mga ito, makikita ng isang tao ang Aking walang hanggang kapangyarihan at ang Aking pagkamuhi sa malaking pulang dragon. (Makikita lang ito pagkatapos Kong simulan ang Aking gawain. Ngayon ang ilang tao ay ibinubunyag—maliit na bahagi lang ito ng Aking pagkastigo, ngunit hindi ito maaaring isama sa matitinding sakuna. Hindi ito mahirap maunawaan. Sa gayon ay makikita na mula ngayon ang Aking paraan ng paggawa ay magiging mas mahirap pa para sa mga tao na maunawaan. Ngayon ay sinasabi Ko sa inyo upang kayo ay hindi maging mahina dahil dito pagdating ng panahon. Ito ang ipinagkakatiwala Ko sa inyo, dahil mangyayari ang mga bagay na hindi pa nakita ng mga tao mula pa noong sinaunang panahon, at mga bagay na magpapahirap sa mga tao na isantabi ang kanilang mga emosyon at ang kanilang pagmamatuwid sa sarili.) Ang dahilan kung bakit gumagamit Ako ng iba’t ibang pamamaraan upang parusahan ang malaking pulang dragon ay dahil ito ay Aking kaaway at Aking kalaban. Dapat Kong wasakin ang lahat ng mga inapo nito—saka Ko lang maaalis ang pagkamuhi sa Aking puso, at saka Ko lang maipapahiya nang wasto ang malaking pulang dragon. Ito lang ang ganap na pagwawasak sa malaking pulang dragon at pagtatapon dito sa lawa ng apoy at asupre, sa walang hanggang hukay.

Hinahayaan Ko ang Aking mga panganay na anak na magharing kasama Ko at samahan Ako sa pamamahala sa lahat ng bansa at sa pagtatamasa ng mga pagpapala hindi lang kahapon; ginagawa Ko rin ito ngayon, at higit na mahalaga, gagawin Ko rin ito bukas. Matagumpay Ko nang natapos ang Aking gawain—matagal Ko na itong sinasabi, at masasabi ring nagsimula Akong magsalita nang gayon mula sa panahon ng pagsisimula ng paglikha, ngunit hindi nauunawaan ng mga tao ang sinasabi Ko. Mula sa panahon ng paglikha hanggang ngayon, hindi pa Ako personal na gumawa ng gawain; sa madaling salita, ang Aking Espiritu ay hindi pa kailanman ganap na pumanaog sa tao para magsalita at gumawa. Ngunit ngayon ay iba sa nakalipas: Gumagawa nang personal ang Aking Espiritu sa lahat ng dako ng mundo ng sansinukob. Dahil sa mga huling araw ay nais Kong makamit ang isang pangkat ng mga tao na maghahari sa kapangyarihan kasama Ko, kumukuha muna Ako ng isang tao na kaisa

Ko sa isipan, isang tao na maaaring maging mapagsaalang-alang sa Aking pasanin. Pagkatapos, ang Aking Espiritu ay ganap na papanaog sa Kanya upang ipahayag ang Aking tinig at upang ilabas ang Aking mga atas administratibo at ibunyag ang Aking mga hiwaga sa mundo ng sansinukob. Personal Siyang peperpektuhin ng Aking Espiritu; personal Siyang didisiplinahin ng Aking Espiritu. Dahil nabubuhay Siya sa normal na pagkatao, walang sinuman ang makakikita nang malinaw. Kapag ang Aking mga panganay na anak ay pumasok sa katawan, magiging lubusang malinaw kung ang Aking ginagawa ngayon ay realidad. Mangyari pa, sa mga mata ng tao, sa mga kuru-kuro ng tao, walang sinumang naniniwala at walang sinuman ang kayang maging masunurin. Ngunit iyon ang pagpaparaya Ko sa mga tao. Dahil ang realidad ay hindi pa dumarating, sa gayon ay hindi makapaniwala at hindi makaunawa ang mga tao. Hindi pa nagkaroon kailanman ng sinuman, na sa gitna ng kanilang pantaong mga kuru-kuro, ay maniniwala sa Aking mga salita. Ganito lahat ang mga tao: Naniniwala lang sila sa kung ano ang sinasabi ng Aking katawang-taong sarili, o kung hindi naman ay naniniwala lang sila sa tinig ng Aking Espiritu. Ito ang pinakamahirap na bagay na iwasto sa mga tao. Kung hindi pa nakita ng sarili nilang mga mata na nangyari ang isang bagay, walang sinumang makapagwawaksi sa kanilang sariling mga kuru-kuro, at walang sinumang makapaniniwala sa sinasabi Ko. Kaya ginagamit Ko ang Aking mga atas administratibo para parusahan ang mga anak ng pagsuway.

Nasabi Ko na ang gayong mga bagay noon: Ako ang Una at ang Huli, at Ako rin ang Siya na nangangasiwa sa lahat, mula sa pasimula hanggang sa katapusan. Sa mga huling araw, magtatamo Ako ng 144,000 na matagumpay na mga batang lalaki. Mayroon kayong ilan, literal na pagkaunawa sa mga salitang ito—"matagumpay na mga batang lalaki"—ngunit hindi malinaw sa inyo ang tungkol sa bilang—144,000. Sa kuru-kuro ng tao, ang isang bilang ay dapat na tumukoy sa isang bilang ng mga tao o sa isang bilang ng mga bagay. Hinggil sa "144,000" na tumuturing sa "matagumpay na mga batang lalaki"—"144,000 na matagumpay na mga batang lalaki"—iniisip ng mga tao na may 144,000 sa matagumpay na mga batang lalaki. Higit pa rito, iniisip ng ilang tao na may kung anong simbolikong kahulugan na nakapaloob sa bilang na ito, at itinuturing nila ang 140,000 at ang 4,000 na magkahiwalay na bahagi. Ngunit mali ang dalawang pagpapakahulugan na ito. Hindi ito tumutukoy sa isang aktuwal na bilang, at lalong hindi sa kung anong simbolikong kahulugan. Sa gitna ng sangkatauhan, walang sinumang makaaarok dito—inakala ng lahat ng mga tao sa nakaraang mga henerasyon na maaaring ito ay tumutukoy sa isang simbolikong kahulugan. Ang bilang na "144,000" ay nauugnay sa matagumpay na mga batang lalaki. Dahil dito, ang 144,000 ay tumutukoy sa pangkat ng mga tao sa mga huling araw na maghahari, at siyang iniibig Ko. Ibig sabihin, ang 144,000 ay dapat bigyang-kahulugan bilang ang pangkat ng mga tao na nagmula sa Sion at babalik sa Sion. Ang kumpletong pagpapaliwanag sa 144,000 na matagumpay na mga batang lalaki ay ang sumusunod: Sila ang mga tao na nagmula sa Sion patungo sa mundo at ginawang tiwali ni Satanas, at sila ang siyang muling

makakamit Ko sa wakas at babalik sa Sion kasama Ko. Mula sa Aking mga salita makikita ng isang tao ang mga hakbang ng Aking gawain, nangangahulugan na ang panahon kung kailan papasok kayo sa katawan ay hindi na gaanong kalayuan. Kaya paulit-ulit Ko nang ipinaliwanag ang aspetong ito sa inyo, at nagbigay ng mga paalala sa inyo ukol dito. Makikita ninyo nang malinaw, at mula sa Aking mga salita ay masusumpungan ninyo ang daan ng pagsasagawa; mula sa Aking mga salita ay matutuklasan ninyo ang tulin ng Aking gawain. Para matuklasan ang tulin ng gawain ng Banal na Espiritu, dapat ninyong mabatid ito mula sa mga hiwagang ibinubunyag Ko (dahil walang sinuman ang makakikita at walang sinuman ang makaaarok sa gawain ng Banal na Espiritu). Iyan ang dahilan kung bakit ibinubunyag Ko ang mga hiwaga sa mga huling araw.

Sa Aking sambahayan, hindi magkakaroon ng anumang hindi umaayon sa Akin, at mula ngayon ay magsisimula Akong mag-alis at maglinis, nang paunti-unti. Sa gitna ng mga tao, walang sinumang makakapanghimasok, at walang sinumang makagagawa sa gawaing ito. Ibinubunyag nito kung bakit Ako gumagawa nang personal sa mga huling araw. At ito rin ang dahilan kung bakit sinabi Ko na sa inyo nang maraming beses na kailangan lang ninyong masiyahan sa inyong mga sarili at hindi kailangang igalaw kahit isang daliri. Sa pamamagitan nito ay nabubunyag ang Aking kapangyarihan, nabubunyag ang Aking pagiging matuwid at pagiging maharlika, at nabubunyag lahat ng Aking mga hiwaga na hindi mabuksan ng mga tao. (Dahil ang mga tao ay hindi pa kailanman nagkaroon ng anumang kaalaman tungkol sa Aking plano ng pamamahala o ng anumang pagkaunawa sa mga hakbang ng Aking gawain, tinatawag ang mga ito na “mga hiwaga.”) Kung ano ang makakamit Ko at kung ano ang gagawin Ko sa mga huling araw ay mga hiwaga. Bago ang panahon na nilikha Ko ang mundo, hindi Ko kailanman nagawa kung ano ang ginagawa Ko ngayon at hindi Ko kailanman ipinakita sa mga tao ang Aking maluwalhating mukha o anumang bahagi ng Aking persona; ang Aking Espiritu lang ang gumawa sa ilang tao. (Dahil, mula sa panahon ng paglikha, walang sinuman ang nakayang ipamalas Ako at walang sinuman ang nakayang ipahayag Ako, hindi Ko pa kailanman tinulutan ang mga tao na makita ang Aking persona, at ang Aking Espiritu ay gumawa na sa ilang mga tao.) Ngayon Ko lang ibinubunyag ang Aking maluwalhating larawan at ang Aking persona sa mga tao, at ngayon lang nila nakita ang mga bagay na ito. Nguni’t ang nakikita ninyo ngayon ay hindi pa rin kumpleto, at hindi pa rin ito ang nais Kong makita ninyo. Ang nais Kong makita ninyo ay nasa katawan lang, at sa mismong sandaling ito ay wala pang nakatutugon sa kundisyong ito. Sa madaling salita, walang sinuman ang makakikita sa Aking persona bago sila pumasok sa katawan. Samakatuwid, sinasabi Ko na ibubunyag Ko ang Aking persona sa mundo ng sansinukob sa Bundok Sion. Mula rito ay makikita na ang pagpasok sa Bundok Sion ang huling bahagi ng Aking proyekto. Sa sandali ng pagpasok sa Bundok Sion, ang Aking kaharian ay matagumpay na maitatayo. Sa madaling salita, ang Aking persona ay ang kaharian. Ang sandali kung kailan ang mga panganay na anak ay pumapasok tungo sa katawan ay ang mismong sandali kung kailan ang kaharian ay magkakatatotoo, kaya

paulit-ulit na Akong nagsalita tungkol sa usapin ng pagpasok ng mga panganay na anak tungo sa Bundok Sion. Ito ang pinakamahalagang punto ng Aking buong plano ng pamamahala, na hindi pa kailanman naintindihan ninuman.

Sa sandaling baguhin Ko ang Aking paraan ng paggawa, magkakaroon ng higit pang maraming bagay na lampas sa naaabot ng isip ng tao, kaya mag-ingat hinggil dito. May mga bagay na lampas sa naaabot ng isip ng tao, ngunit hindi ito nangangahulugan na mali ang sinasabi Ko. Kaya lang ay mas kailangan pa ng mga tao na magdusa, at mas kailangan pa ng mga tao na makipagtulungan sa Akin. Huwag maging walang pakundangang talipandas, at huwag bastang sundin ang sariling mga kuru-kuro. Sapagkat ang karamihan sa mga gumagawa ng serbisyo sa Akin ay nadarapa hinggil dito. Ginagamit Ko ang Aking mga salita para ilantad ang kalikasan ng tao at para ibunyag ang mga kuru-kuro ng tao. (Ngunit yaong gumagawa ng serbisyo sa Akin, dahil hindi Ko pinapalitan ang kanilang mga kuru-kuro, ay bastang nadarapa, samantalang binabago Ko ang mga kuru-kuro niyaong Aking mga panganay na anak at inaalis ang kanilang pag-iisip sa pamamagitan nito.) Kaya sa huli, ang Aking mga panganay na anak ay peperpektuhing lahat dahil sa mga hiwagang ibinunyag Ko na.

Kabanata 112

Na “magkaagapay na nagpapatuloy ang mga salita at realidad” ay bahagi ng Aking matuwid na disposisyon. Mula sa mga salitang ito, tiyak na hahayaan Ko ang lahat na makita ang Aking disposisyon sa kabuuan nito. Iniisip ng mga tao na hindi ito matatamo, subalit para sa Akin ay madali at kaaya-aya ito, at hindi kailangang pagsikapan. Sa sandaling lumabas ang Aking mga salita mula sa Aking bibig, kaagad na may isang katotohanang makikita ng lahat. Ito ang Aking disposisyon. Yamang nagsalita na Ako tungkol sa ilang bagay, tiyak na maisasakatuparan ang mga ito. Kung hindi, Ako ay hindi magsasalita. Sa mga kuru-kuro ng tao, ang salitang “kaligtasan” ay sinasabi para sa lahat ng tao, ngunit hindi ito tumutugma sa Aking intensyon. Sinabi Ko sa nakalipas, “Palagi Kong inililigtas ang mga mangmang at ang masisigasig na naghahanap.” Dito, ang salitang “inililigtas” ay sinabi patungkol sa mga gumagawa ng serbisyo sa Akin, at nilayon nito na magbigay Ako ng espesyal na pagtrato sa mga tagapagsilbing iyon. Sa madaling salita, babawasan Ko ang parusa para sa mga taong iyon. Gayunpaman, ang buktot at mapanlinlang na mga tagapagsilbi ay mapabibilang sa mga puntirya ng pagkawasak, na ibig sabihin, ipasasailalim Ko sila sa matinding kaparusahan. (Bagaman sila ay kasama sa mga puntirya ng pagkawasak, malaki ang pagkakaiba nila sa mga wawasakin: Tatanggap sila ng matinding kaparusahang walang hanggan, at ang kaparusahang tatanggapin ng mga taong iyon ay ang kaparusahan ng diyablo, si Satanas. Ito rin ang tunay na kahulugan ng ibig Kong sabihin nang sinabi Ko na ang mga taong iyon ay ang mga inapo ng malaking pulang dragon.) Pero hindi Ko ginagamit

ang ganitong mga uri ng mga salita tungkol sa Aking mga panganay na anak; tungkol sa kanila, sinasabi Ko na babawiin Ko ang Aking mga panganay na anak at na muli silang babalik sa Sion. Samakatuwid, palagi Kong sinasabi na ang Aking mga panganay na anak ay ang Aking mga patiunang itinadhana at hinirang. Orihinal na kabilang sa Akin ang Aking mga panganay na anak at nagmula sila sa Akin, kaya dapat silang bumalik dito sa Akin. Kung ihahambing ang mga anak at mga tao sa mga panganay na anak—ito ang talagang kaibahan sa pagitan ng langit at lupa: Bagaman ang mga anak at ang mga tao ay higit na mas mabuti kaysa sa mga tagapagsilbi, sa anumang paraan ay hindi sila ang mga kabilang sa Akin. Masasabi rin na ang mga anak at ang mga tao ay karagdagang pinili mula sa sangkatauhan. Sa gayon, palagi Kong itinutuon ang Aking lakas sa mga panganay na anak, at pagkatapos ay hahayaan Ko ang mga panganay na anak na gawing ganap ang mga anak at ang mga taong ito. Ito ang Aking mga hakbang ng gawain sa hinaharap. Ngayon ay walang saysay na sabihin ito sa inyo, kaya bihira Ko itong nabanggit sa mga anak at sa mga tao, ngunit sa mga panganay na anak lang paulit-ulit Ko nang nasabi at paulit-ulit nang nabanggit ang mga usaping ito. Ito ang paraan ng pagsasalita at paggawa Ko. Walang makapagbabago nito—Ako lang ang may huling pasya tungkol sa lahat.

Araw-araw, nakikipaglaban Ako sa inyong mga kuru-kuro, at araw-araw, sinusuri Ko ang bawat isa sa inyo. Kapag nagsalita na Ako hanggang sa isang partikular na punto, bumabalik kayo sa dati at muling pinaghihiwalay ang Aking pagkatao mula sa Aking pagka-Diyos. Sa puntong ito, dumating na ang panahon para ilantad ang mga tao: Iniisip ng mga tao na nabubuhay pa rin Ako sa katawang-tao at talagang hindi ang Diyos Mismo, na tao pa rin Ako at ang Diyos ay Diyos pa rin, at na walang kinalaman sa Aking persona ang Diyos. Napakatiwaling sangkatauhan ito! Napakaraming salita ang nasabi Ko na noon, subalit matagal na ninyong itinuturing ang mga ito na parang hindi umiiral ang mga ito, at pinupuno Ako nito ng pagkamuhi sa inyo na sagad sa Aking mga buto! Tunay, dahil dito ay kinamumuhian Ko kayo! Sinong nangangahas na magkasala nang gayon lang sa Akin, Ako na ang ganap na Diyos Mismo, Ako na taglay ang kapwa pagkatao at ganap na pagka-Diyos? Sinong nangangahas na labanan Ako sa kanilang mga isipan? Matapos mag-umpisang pumanaog ang Aking kapaha-pahamak na sakuna, parurusahan Ko sila isa-isa, hindi hahayaang makawala ang sinuman, ngunit sa halip ay parurusahan silang lahat nang matindi. Personal na gumagawa ang Aking Espiritu. Hindi ibig sabihin nito na hindi Ako ang Diyos Mismo; sa kabaligtaran, mas lalo pa nga itong nangangahulugan na Ako ang Diyos Mismo na makapangyarihan sa lahat. Hindi Ako nakikilala ng mga tao—nilalabanan nila Akong lahat at hindi namamasdan ang Aking walang hanggang kapangyarihan mula sa Aking mga salita, ngunit sa halip ay sinusubukan nilang makakita ng kung ano sa Aking mga salita na magagamit nila laban sa Akin at maghanap ng kamalian sa Akin. Kapag nagpakita Ako isang araw kasama ng Aking mga panganay na anak sa Sion, uumpisahan Kong harapin ang masasamang nilalang na ito. Sa panahong ito, pangunahin Kong ginagawa ang gawaing

ito. Kapag nagsalita na Ako hanggang sa isang partikular na punto, mag-aatrasan ang isang malaking bilang ng mga tagapagsilbi, at magdurusa rin ang mga panganay na anak ng lahat ng uri ng mga paghihirap. Sa pagsulong nitong dalawang hakbang ng gawain, magwawakas ang isang yugto ng Aking gawain. Kasabay nito, ibabalik Ko sa Sion ang Aking mga panganay na anak. Ito ang mga hakbang ng Aking gawain.

Isang kailangang-kailangang bahagi ng Aking kaharian ang Aking mga panganay na anak, makikita mula rito na ang Aking persona ay talagang ang kaharian—ang pagsilang ng Aking kaharian ay kasunod ng kapanganakan ng Aking mga panganay na anak. Sa madaling salita, umiiral na ang Aking kaharian simula pa noong panahon ng paglikha ng mundo, at ang pagkakamit sa Aking mga panganay na anak (ibig sabihin ay pagbawi sa Aking mga panganay na anak) ay pagpapanumbalik sa Aking kaharian. Mula rito, makikita mo na napakahalaga ng mga panganay na anak. Tanging kapag umiiral na ang Aking mga panganay na anak saka magkakaroon ng kaharian, mangyayari ang realidad ng paghahari sa kapangyarihan, magkakaroon ng bagong buhay, at maaari nang wakasan ang lumang kapanahunan sa kabuuan nito. Ito ang di-maiiwasang pangyayari. Dahil nasa posisyong ito ang mga panganay na anak, sumasagisag sila sa pagkawasak ng mundo, sa pagbagsak ni Satanas, sa paglalantad ng mga tunay na kulay ng mga tagapagsilbi, at ng katotohanan na hindi na magkakaroon ng mga inapo at bababa sa lawa ng apoy at asupre ang malaking pulang dragon—samakatuwid, ang mga humahawak ng kapangyarihan at lahat ng inapo ng malaking pulang dragon na paulit-ulit na nakikisangkot sa paghadlang, paglaban, at pagwasak. Samantala, paulit-ulit Kong itinataas, pinatototohanan, at inilalantad ang Aking mga panganay na anak. Sapagkat ang mga nagmula lang sa Akin ang karapat-dapat na magpatotoo sa Akin; sila lang ang nararapat na magsabuhay sa Akin, at sila lang ang may saligan na lumaban sa digmaan at manalo ng magandang tagumpay para sa Akin. Ang mga hiwalay sa Akin ay walang iba kundi isang pirasong putik sa Aking kamay—mga nilalang na bagay, bawat isa sa kanila. Silang mga anak at mga tao ay walang iba kundi ang mas mahuhusay na hinirang mula sa mga nilalang ng paglikha, pero hindi sila kabilang sa Akin. Kaya, may napakalaking pagkakaiba sa pagitan ng mga panganay na anak at sa mga anak. Hindi talaga nararapat na ihambing ang mga anak sa mga panganay na anak—pinamamahalaan at pinangingibabawan sila ng mga panganay na anak. Dapat maging napakalinaw nito sa inyo ngayon! Totoo ang bawat salitang sinabi Ko na, at hindi mali sa anumang paraan. Bahagi ang lahat ng ito ng pagpapahayag ng Aking persona, at ito ang Aking pagbigkas.

Nasabi Ko nang hindi Ako nangungusap ng hungkag na mga salita, at hindi Ako nagkakamali; sapat na ito para ipakita ang Aking pagiging maharlika. Pero hindi kaya ng mga tao na masabi ang mabuti sa masama, at lubusan lang silang nakukumbinsi kapag sumasapit na sa kanila ang Aking pagkastigo; kung hindi, nananatili silang mapaghimagsik at matigas ang ulo. Ito ang dahilan kung bakit ginagamit Ko ang pagkastigo para gumanti laban sa buong sangkatauhan. Sa mga kuru-kuro ng tao,

yamang mayroon lang Diyos Mismo, bakit napakaraming panganay na anak na nagmumula sa Akin? Masasabi Ko ito nang ganito: Sa Aking sariling mga gawain, nagsasalita Ako tungkol sa mga ito sa anumang paraang nais Ko. Ano ang kayang gawin ng tao sa Akin? Masasabi Ko rin ito nang ganito: Bagaman hindi Ko kaisa sa wangis ang mga panganay na anak, magkaisa kami sa Espiritu, kaya magagawa nilang maging kaisa Ko sa isipan habang nakikipagtulungan sila sa Akin. Ang dahilan kung bakit hindi iisa ang aming wangis ay upang maaaring makita ng lahat ng tao ang bawat bahagi ng Aking persona nang may pambihirang kalinawan. Kaya hinahayaan Ko ang Aking mga panganay na anak na magkaroon ng awtoridad kasama Ko sa lahat ng bansa at sa lahat ng tao. Ito ang pangwakas na tala ng Aking mga atas administratibo (ang “pangwakas na tala” na ito na sinasabi Ko ay nangangahulugan na ang Aking tono ay malumanay at nagsimula na Akong magsalita sa mga anak at sa mga tao). Mayroong pagdududa ang karamihan sa mga tao hinggil sa aspetong ito, pero hindi nila kailangang maging masyadong mapagduda. Isa-isa Kong ilalantad ang lahat ng kuru-kuro ng mga tao, para mahiya sila at walang mapagtaguan. Naglalakbay Ako sa buong sansinukob at hanggang sa mga dulo ng mundo, at pinagmamasdan ang buong mukha ng sansinukob. Sinusuri Ko ang bawat uri ng tao—walang makatatakas sa Aking kamay. Nakikibahagi Ako sa bawat uri ng bagay, at walang hindi Ko personal na pinangangasiwaan. Sinong nangangahas na ikaila ang Aking walang hanggang kapangyarihan? Sinong nangangahas na hindi lubos na makumbinsi tungkol sa Akin? Sinong nangangahas na hindi ganap na magpatirapa ng kanilang mga sarili sa harapan Ko? Magbabago ang buong kalangitan dahil sa Aking mga panganay na anak, at lalong higit pa roon, matinding mayayanig ang buong daigdig dahil sa Akin at sa Aking mga panganay na anak. Luluhod ang lahat ng tao sa harapan ng Aking persona, at tiyak na mapasasailalim sa kontrol ng Aking mga kamay ang lahat ng bagay—nang walang kahit katiting na pagkakamali. Lahat ay dapat lubusang makumbinsi at darating ang bawat isang bagay sa Aking sambahayan at gagawa ng serbisyo sa Akin. Ito ang huling bahagi ng Aking mga atas administratibo. Simula ngayon, lahat ng sari-saring artikulo ng Aking mga atas administratibo, na tinatarget ang iba’t ibang tao, ay mag-uumpisang magbunga (dahil lubusang ipinaalam sa madla ang Aking mga atas administratibo, at nagawa na ang angkop na mga pagsasaayos para sa bawat uri ng tao at bawat isang bagay. Lahat ng tao ay paroroon sa kanilang tamang lugar, at malalantad ang tunay na mga kulay ng bawat uri ng tao dahil sa Aking mga atas administratibo). Sa gayon ang pagdating ng totoo, aktwal na mga atas administratibo.

Ngayon, ayon sa mga hakbang ng Aking gawain, sinasabi Ko ang nais Kong sabihin, at dapat seryosohin ng lahat ang Aking mga salita. Sa buong mga kapanahunan, nabanggit na ng bawat banal ang tungkol sa “Bagong Jerusalem,” at nalalaman ito ng lahat, ngunit walang nakauunawa ng tunay na kahulugan ng katagang ito. Habang nagpapatuloy ang gawain ngayon sa yugtong ito, ibubunyag Ko ang tunay na kahulugan ng katagang ito sa inyo, upang maaaring maunawaan ninyo ito. Ngunit may limitasyon

sa Aking pagbubunyag—gaano Ko man ipaliwanag ito, at gaano Ko man kalinaw sabihin ito, hindi ninyo kailanman ganap na mauunawaan, dahil walang sinuman ang makaaabot sa realidad ng katagang ito. Sa nakalipas, tumutukoy ang Jerusalem sa dakong pinaninirahan Ko sa lupa, ibig sabihin, ang dako kung saan Ako lumalakad at gumalalaw. Subalit binabago ng salitang “bago” ang katagang ito, at hindi na ito kapareho ng dati. Hindi ito naiintindihan ng mga tao kahit kaunti. Iniisip ng ilang tao na tumutukoy ito sa Aking kaharian; iniisip ng ilang tao na ito ang personang Ako; iniisip ng ilang tao na ito ang bagong langit at lupa; at iniisip ng ilang tao na ito ang bagong mundo na darating matapos Kong wasakin ang mundong ito. Kahit na ang isip ng tao ay masyadong masalimuot at kaya ang mayamang imahinasyon, hindi pa rin nila kayang maintindihan ang anuman tungkol dito. Sa buong mga kapanahunan, inaasam-asam na ng mga tao na malaman o makita ang tunay na kahulugan ng katagang ito, ngunit hindi pa nila nagawang matupad ang kanilang mga kahilingan—nabigo silang lahat at namatay, naiiwan ang kanilang mga hangarin; dahil hindi pa dumarating ang Aking oras, hindi Ko basta-bastang sasabihin kaninuman. Yamang nagawa na ang Aking gawain hanggang sa yugtong ito, sasabihin Ko sa inyo ang lahat. Nasasaklaw ng Bagong Jerusalem ang apat na bagay na ito: Ang Aking poot, ang Aking mga atas administratibo, ang Aking kaharian, at ang walang katapusang mga pagpapalang ipinagkakaloob Ko sa Aking mga panganay na anak. Ang dahilan kung bakit ginagamit Ko ang katagang “bago” ay dahil nakatago ang apat na bahaging ito. Dahil walang nakaaalam sa Aking poot, walang nakakaalam sa Aking mga atas administratibo, wala pang nakakita sa Aking kaharian, at wala pang nakapagtamasa sa Aking mga pagpapala, ang “bago” ay tumutukoy sa kung ano ang natatago. Walang lubusang makauunawa sa kung ano ang nasabi Ko na, dahil nakababa na sa daigdig ang Bagong Jerusalem ngunit walang personal na nakaranas ng realidad ng Bagong Jerusalem. Kahit gaano Ako lubusang magsalita tungkol dito, hindi ito lubusang mauunawaan ng mga tao. Kahit na may isang nakauunawa, ang pagkaunawang ito ay mga salita, isipan, at mga kuru-kuro lang nila. Ito ang di-maiiwasang pangyayari; ito ang tanging daan pasulong, at walang makapag-aalis ng kanilang mga sarili mula rito.

Kabanata 113

Bawat pagkilos na ginagawa Ko ay naglalaman ng Aking karunungan sa loob nito, pero wala talagang kakayahan ang tao na maaarok ito; maaari lamang makita ng tao ang Aking mga pagkilos at ang Aking mga salita, hindi ang Aking kaluwalhatian o ang pagpapakita ng Aking persona, dahil talagang walang ganitong kakayahan ang tao. Kaya, kung wala ang mga pagbabagong ginagawa Ko sa tao, babalik Ako at ang Aking mga panganay na anak sa Sion at magbabagong anyo, nang sa gayon ay maaaring makita ng tao ang Aking karunungan at ang Aking walang hanggang kapangyarihan.

Ang Aking karunungan at Aking walang hanggang kapangyarihan na nakikita ng tao ngayon ay isang maliit na bahagi lamang ng Aking kaluwalhatian—at hindi pa nga karapat-dapat banggitin. Ipinakita mula rito na walang hanggan ang Aking karunungan at ang Aking kaluwalhatian—di-masukat ang lalim—at talagang walang kakayahan ang isip ng tao na isaalang-alang o unawain ito. Ang pagtatayo ng kaharian ay tungkulin ng mga panganay na anak, at gawain Ko rin ito. Ang ibig sabihin nito ay isang bagay ito sa Aking plano ng pamamahala. Hindi katulad ng pagtatayo ng iglesia ang pagtatayo ng kaharian; dahil ang Aking mga panganay na anak at Ako ang Aking persona at kaharian, kaya kapag pumapasok na ang Aking mga panganay na anak at Ako sa Bundok ng Sion, nagawa na ang pagtatayo ng kaharian. Sa ibang salita, isang hakbang ng gawain ang pagtatayo ng kaharian—ang hakbang ng pagpasok sa espirituwal na daigdig. (Gayunman, lahat ng ginawa Ko simula sa paglikha ng mundo ay para sa kapakanan ng hakbang na ito. Bagama't sinasabi Kong isang hakbang ito, sa katotohanan ay hindi talaga ito isang hakbang.) Kaya ginagamit Ko lahat ng tagapagsilbi para magserbisyo sa hakbang na ito, at bunga nito, ngayong mga huling araw, uurong ang malalaking bilang ng tao; nagbibigay serbisyo silang lahat sa mga panganay na anak. Mamamatay sa Aking mga sumpa ang sinumang nagpapakita ng kabaitan sa mga tagapagsilbi. (Kinakatawan ng lahat ng tagapagsilbi ang mga balak ng malaking pulang dragon at silang lahat ay mga alagad ni Satanas, kaya ang lahat ng nagpapakita ng kabaitan sa mga taong ito ay mga kasabwat ng malaking pulang dragon at nabibilang kay Satanas.) Mahal Ko ang lahat na mahal Ko, at kinasusuklanan lahat ng pakay ng Aking mga sumpa at pagsunog. Kaya ba ninyong gawin din ito? Ang sinumang naninindigan laban sa Akin ay siguradong hindi Ko patatawarin, ni hindi Ko sila ililigtas! Kapag isinasakatuparan ang bawat gawa, isinasaayos Ko ang malalaking bilang ng mga tagapagsilbi upang magserbisyo sa Akin. Kaya makikita na sa buong kasaysayan, para sa hakbang na ito ngayon na ang lahat ng propeta at apostol ay nakapagbigay ng serbisyo, at hindi sila kaayon ng puso Ko, hindi sila galing sa Akin. (Bagama't tapat sa Akin ang karamihan sa kanila, walang sinuman ang nabibilang sa Akin. Kaya, ang kanilang pagiging abala ay upang gawin ang saligan nitong huling hakbang para sa Akin, pero walang saysay na pagsisikap ang lahat ng ito para sa kanila.) Kaya nga, ngayong mga huling araw, higit pang magkakaroon ng malalaking bilang ng tao ang uurong. (Ang dahilan kung bakit Ko sinasabing “malalaking bilang” ay dahil nakarating na sa katapusan ang Aking plano ng pamamahala, nagtagumpay na ang pagtatayo ng Aking kaharian, at nakaupo na sa trono ang mga panganay na anak.) Lahat ng iyan ay dahil sa pagpapakita ng mga panganay na anak. Dahil sa pagpapakita ng mga panganay na anak, sinusubukan ng malaking pulang dragon ang lahat ng posibleng paraan para gumawa ng pinsala at ubusin ang lahat ng paraan. Nagpapadala ito ng lahat ng uri ng masasamang espiritu na dumarating upang gumawa ng serbisyo para sa Akin, na nagpakita ng mga tunay na kulay nito sa kasalukuyang panahon, at sumubok na gambalain ang Aking pamamahala. Hindi makikita ang mga ito ng mata ng tao; at ang

lahat ng bagay na ito ay sa espirituwal na daigdig. Kaya hindi naniniwala ang mga tao na magkakaroon ng malalaking bilang ng tao na uulong, gayunman ay alam Ko ang Aking ginagawa, nauunawaan Ko ang Aking pamamahala; ito ang dahilan kaya hindi hinahayaan na manggambala ang tao. (Darating ang araw kung kailan ang bawat uri ng nakaririmarim na masamang espiritu ay magbubunyag ng tunay na sarili nito, at tunay na mahihikayat ang lahat ng tao.)

Mahal Ko ang Aking mga panganay na anak, pero ang mga inapo ng malaking pulang dragon na nagmamahal sa Akin nang labis, hindi Ko talaga sila minamahal; sa katunayan lalo Ko pa nga silang kinasusuklaman. (Hindi Akin ang mga taong ito, at kahit na nagpapakita sila ng mabubuting hangarin, at nagsasabi ng mga kaaya-ayang salita, pakana iyang lahat ng malaking pulang dragon, kaya kinamumuhian Ko sila nang sagad sa Aking mga buto.) Ito ang Aking disposisyon, at ito ang kabuuan ng Aking pagiging matuwid. Hindi talaga ito kayang maarok ng tao. Bakit ibinubunyag dito ang kabuuan ng Aking pagiging matuwid? Mula rito ay mahihiwatigan ang Aking banal na disposisyon, na hindi nagpapahintulot ng anumang paglabag. Magagawa Kong mahalin ang Aking mga panganay na anak at kasuklaman ang lahat ng hindi Ko panganay na anak (kahit na tapat silang mga tao). Ito ang Aking disposisyon. Hindi ninyo ba nakikita? Sa mga kuru-kuro ng mga tao, palagi Akong isang maawaing Diyos, at mahal Ko ang lahat ng nagmamahal sa Akin; hindi ba ito isang kalapastanganan laban sa Akin? Maaari Ko bang mahalin ang mga hayop at halimaw? Maaari Ko bang kunin si Satanas bilang Aking panganay na anak at masiyahan dito? Kalokohan! Isinasagawa ng Aking mga panganay na anak ang Aking gawain, at bukod sa Aking mga panganay na anak, wala na Akong ibang mamahalin. (Karagdagan ang mga anak at ang mga tao, pero hindi sila mahalaga.) Sinasabi ng mga tao na gumawa Ako noon ng napakaraming walang silbing gawain, pero sa Aking pananaw, ang gawaing iyon sa katunayan ang pinakamahalaga, ang pinakamakabuluhan. (Ito ay ganap na tumutukoy sa nagawa noong dalawang pagkakatawang-tao; dahil nais Kong ibunyag ang Aking kapangyarihan, dapat Akong magkatawang-tao para kumpletuhin ang Aking gawain.) Ang dahilan kung bakit sinasabi Kong dumarating ang Aking Espiritu para personal na gumawa, ay dahil kinumpleto ang Aking gawain sa katawang-tao. Ibig sabihin, nagsisimulang pumasok sa kapahingahan ang Aking mga panganay na anak at Ako. Mas matindi ang digmaan laban kay Satanas sa katawang-tao kaysa sa digmaan kay Satanas sa espirituwal na daigdig; kaya itong makita ng lahat ng tao, kaya maaari ding magpatotoo nang maganda sa Akin maging ang mga inapo ni Satanas, at ayaw umalis ang mga ito; ito ang ibig sabihin mismo ng Aking paggawa sa katawang-tao. Pangunahing layon nito na ipagawa sa mga inapo ng demonyo na lapastanganin ang demonyo mismo; ito ang pinakamakapangyarihang pagkapahiya na mangyayari sa demonyong si Satanas, napakamakapangyarihan na wala na itong pagtaguan ng kahihiyan nito, at paulit-ulit na itong nagmamakaawa sa harapan Ko. Nagwagi Ako, nakapanaig Ako sa lahat ng bagay, nakasulong Ako sa ikatlong langit at umabot sa Bundok ng Sion upang matamasa ang kaligayahan ng

pamilya kasama ang Aking mga panganay na anak, mapupuspos magpakailanman sa malaking piging sa kaharian ng langit!

Para sa mga panganay na anak ay binayaran Ko ang lahat ng halaga at dinala ang lahat ng pasakit sa Aking pagsisikap. (Talagang hindi alam ng tao na lahat ng ginawa Ko, lahat na sinabi Ko, ang katotohanan na nakikita Ko ang lahat ng uri ng masasamang espiritu, at ang katotohanan na napaalis Ko ang lahat ng uri ng tagapagsilbi—lahat ng ito ay para sa kapakanan ng mga panganay na anak.) Pero karamihan sa Aking gawain ay mahusay ang Aking pagkakaayos; tiyak na hindi ito basata lamang ginawa. Sa mga salita Ko sa bawat araw, dapat na makita ninyo ang paraan ng Aking gawain at ang mga hakbang nito; sa mga pagkilos Ko sa bawat araw, dapat na makita ninyo ang Aking karunungan at ang Aking mga prinsipyo sa pagharap sa mga usapin. Tulad ng nasabi Ko, ipinadala ni Satanas ang mga gumagawa ng serbisyo para sa Akin upang gambalain ang Aking pamamahala. Mapanirang mga damo ang mga tagapagsilbing ito, pero hindi tumutukoy sa mga panganay na anak ang salitang “trigo,” kundi sa lahat ng anak at mga tao na hindi mga panganay na anak. “Palaging magiging trigo ang trigo, palaging magiging mapanirang damo ang mapanirang damo”; ibig sabihin ay hindi kailanman maaaring magbago ang kalikasan ng mga kay Satanas. Kaya, sa madaling salita, nananatili sila bilang Satanas. Ang “trigo” ay tumutukoy sa mga anak at sa mga tao, dahil bago ang paglikha ng mundo ay ikinintal Ko sa mga taong ito ang Aking katangian. Nauna Ko nang nasabi na hindi nagbabago ang kalikasan ng tao kaya palaging magiging trigo ang trigo. Ano kung gayon ang mga panganay na anak? Nanggagaling sa Akin ang mga panganay na anak; hindi Ko sila nilikha, kaya hindi sila maaaring tawagin na trigo (dahil anumang pagbanggit sa trigo ay palaging nauugnay sa mga salitang “maghasik,” at ang “maghasik” ay nangangahulugang “lumikha”; lihim na ihinahasik ni Satanas ang lahat ng mapanirang damo, para kumilos bilang mga tagapagsilbi). Maaari lamang masabi na ang mga panganay na anak ang ganap at masaganang pagpapamalas ng Aking persona; dapat ay kinakatawan sila ng ginto at pilak at ng mga mamahaling bato. Nauugnay ito sa katotohanan na ang Aking pagdating ay tulad ng isang magnanakaw, at naparito Ako upang nakawin ang ginto at pilak at ang mga mamahaling bato (dahil orihinal na pag-aari Ko ang mga ginto at pilak at ang mga mamahaling batong ito, at nais Kong ibalik ang mga ito sa Aking sambayanan). Kapag magkasamang bumalik ang mga panganay na anak at Ako sa Sion, nanakawin Ko ang mga ginto, pilak at ang mga mamahaling batong ito. Sa panahong ito, magkakaroon ng mga paghadlang at mga paggambala ni Satanas, at kaya kukunin Ko ang ginto, pilak at ang mga mamahaling bato at maglulunsad ng isang pangwakas na digmaan kay Satanas. (Tiyak na hindi Ako nagkukuwento rito; isa itong pangyayari sa espirituwal na daigdig, kaya ganap na malabo ito para sa mga tao, at napapakinggan lamang nila ito bilang isang kuwento. Pero dapat na makita ninyo mula sa sinasabi Ko kung ano ang Aking anim na libong taong plano ng pamamahala, at talagang hindi ninyo dapat na ituring ito na isang biro. Kung hindi, aalis ang Aking Espiritu mula sa lahat ng tao.)

Ngayon, ganap nang tapos ang digmaang ito, at dadalhin Ko ang Aking mga panganay na anak (dala-dala ang ginto, pilak at mga mamahaling bato na pag-aari Ko) kasama Ko pabalik sa Aking Bundok ng Sion. Dahil sa kasalatan ng ginto, pilak at mga mamahaling bato, at dahil ang mga ito ay mahalaga, sinusubukan ni Satanas ang lahat ng posibleng paraan para agawin ang mga ito, pero sinasabi Ko nang paulit-ulit na kung ano ang mula sa Akin ay dapat maibalik sa Akin, ang ibig sabihin nito ay nabanggit sa itaas. Ang sinabi Ko na mula sa Akin ang Aking mga panganay na anak at nabibilang sila sa Akin ay isang pagpapahayag kay Satanas. Walang nakauunawa nito, at ito ay lubos na nangyayari sa espirituwal na daigdig. Kaya hindi nauunawaan ng tao kung bakit paulit-ulit Kong binibigyang-diin na nabibilang sa Akin ang mga panganay na anak; dapat nauunawaan ninyo ngayon! Sinabi Ko na may layon at karunungan ang Aking mga pagbigkas, pero nauunawaan lamang ninyo ito mula sa panlabas—wala ni isang tao ang malinaw na nakakakita nito sa espiritu.

Nagsasalita Ako ng mas marami pa, at habang mas nagsasalita Ako ay mas nagiging mahigpit ang Aking mga salita. Kapag nakarating ito sa isang partikular na antas, gagamitin Ko ang Aking mga salita upang hubugin ang mga tao sa isang antas, upang gawin ang mga tao na hindi lang nahihikayat sa puso at sa salita, ngunit higit ryan ay upang mabingit sila sa buhay at kamatayan; ito ang paraan ng Aking gawain at kung paano nagpapatuloy ang Aking gawain sa mga hakbang nito. Dapat itong maging ganito; sa gayon lang maipapahiya nito si Satanas at magawang ganap ang mga panganay na anak (ginagamit ang Aking mga salita upang magawang perpekto ang mga panganay na anak sa wakas, upang pahintulutan silang makawala sa laman at makapasok sa espirituwal na daigdig). Hindi nauunawaan ng tao ang paraan at ang tono ng Aking mga salita. Mula sa Aking paliwanag dapat magkaroon kayong lahat ng ilang kabatiran, at dapat sumunod kayong lahat sa Aking mga salita para makumpleto ang gawain na dapat ninyong gawin. Ito ang Aking ipinagkatiwala sa inyo. Dapat ay mayroon kayong kabatiran dito, hindi lamang mula sa panlabas na mundo, pero higit na mahalaga, mula sa espirituwal na daigdig.

Kabanata 114

Nilikha Ko ang mundong sansinukob; ginawa Ko ang mga bundok, ilog, at lahat ng bagay; hinubog Ko ang sansinukob at ang mga pinakadulo ng daigdig; pinangunahan Ko ang Aking mga anak at ang Aking bayan; inutusan Ko ang lahat ng bagay. Ngayon, pangangunahan Ko ang Aking mga panganay na anak pabalik sa Aking Bundok Sion, para bumalik kung saan Ako naninirahan, at ito ang magiging huling hakbang sa Aking gawain. Ang lahat ng Aking nagawa (lahat ng nagawa mula sa panahon ng paglikha hanggang ngayon) ay para sa yugto ng Aking gawain ngayon, at lalong higit pa ryan, para ito sa paghahari sa hinaharap, kaharian sa hinaharap, at para

sa Akin at sa Aking mga panganay na anak upang magkaroon ng walang hanggang kasiyahan. Ito ang layunin Ko sa paglikha ng lahat ng bagay, at ito ang Aking makakamit sa huli sa pamamagitan ng Aking nilikha. May layunin at plano sa Aking sinasabi at ginagawa; walang ginagawa nang di-sinasadya. Bagama't sinasabi Ko na sa Akin, lahat ay kalayaan at kasarinlan, gayunman, may prinsipyo ang lahat ng Aking ginagawa, batay sa Aking karunungan at disposisyon ang lahat ng Aking ginagawa. Mayroon ba kayong anumang maliwanag na pagkaunawa tungkol dito? Mula sa panahon ng paglikha hanggang sa kasalukuyan, bukod sa Aking mga panganay na anak wala nang nakakilala sa Akin, at wala nang nakakita ng Aking tunay na mukha. Ang pagtatanging ginawa Ko para sa Aking mga panganay na anak ay dahil sila ay talagang bahagi ng Aking persona.

Nang likhain Ko ang mundo, hinati Ko ang tao sa apat na antas ng kategorya ayon sa Aking mga kinakailangan. Ang mga ito ay ang: Aking mga anak, Aking bayan, ang mga naglilingkod, at ang mga wawasakin. Bakit wala ang Aking mga panganay na anak sa listahang ito? Ito ay dahil hindi mga nilalang ng paglikha ang Aking mga panganay na anak; mula sila sa Akin at hindi sa sangkatauhan. Gumawa Ako ng mga pagsasaayos para sa Aking mga panganay na anak bago Ako naging tao; kung sa aling pamamahay sila isisilang at kung sino ang mga naroroon upang magsilbi sa kanila—ako ang nagplano ng lahat ng bagay na ito. Ako rin ang nagplano kung alin sa kanila ang Aking babawiin at kung kailan. Sa huli, magkakasama kaming babalik sa Sion. Naip plano ang lahat ng ito bago ang paglikha, kaya walang taong nakaaalam nito at hindi ito nakatala sa anumang aklat, dahil ang mga ito ay mga gawain ng Sion. Bukod pa ryan, nang Ako ay naging tao, hindi Ko ibinigay sa tao ang kakayahang ito, kaya naman walang sinuman ang nakaaalam ng mga bagay na iyon. Kapag bumalik kayo sa Sion, malalaman ninyo kung ano kayo sa nakaraan, kung ano kayo ngayon, at ano ang inyong nagawa sa buhay na ito. Sa ngayon sinasabi Ko lamang sa inyo ang mga bagay na ito nang payak at paunti-unti, kung hindi ay hindi ninyo mauunawaan kahit gaanong pagsisikap man ang inyong gawin, at maaabala ninyo ang Aking pamamahala. Ngayon, bagama't sa kondisyon ng laman ay nakahiwalay Ako sa karamihan ng Aking mga panganay na anak, iisa kami sa Espiritu, at kahit magkaiba man ang aming pisikal na anyo, mula sa simula hanggang sa wakas, kami ay iisang Espiritu. Gayunman, hindi ito dapat gamitin ng mga inapo ni Satanas bilang isang pagkakataon para magsamantala. Gaano mo man ikubli ang iyong sarili, nananatili itong paimbabaw at hindi Ako papayag. Samakatuwid, makikita mula rito na ang mga nakatuon sa paimbabaw at naghahangad na gayahin Ako sa panlabas ay isandaang porsyentong tiyak na Satanas. Dahil iba ang kanilang espiritu at hindi sila kabilang sa Aking mga iniibig, gaano man nila Ako gayahin, wala silang pagkakatulad sa Akin. Bukod pa ryan, dahil ang Aking mga panganay na anak ay talagang kaisa Ko sa Espiritu, kahit hindi nila Ako ginagaya, nagsasalita at kumikilos sila nang kagaya sa Akin, at lahat sila ay tapat, dalisay, at bukas (kulang sa karunungan ang mga taong iyon dahil sa kanilang limitadong karanasan sa mundo, at samakatuwid hindi isang kapintasan sa

Aking mga panganay na anak ang kakulangan sa karunungan; kapag bumalik sila sa katawan, maaayos ang lahat). Ang rason na inilarawan sa itaas ang dahilan kung kaya karamihan sa mga tao ay hindi pa rin binabago ang kanilang dating kalikasan gaano Ko man sila pakitunguhan. Ngunit tumatalima ang Aking mga panganay na anak sa Aking kalooban nang hindi Ko na kinakailangang makitungo sa kanila. Ito ay dahil iisa kami sa Espiritu. Nakadarama sila sa kanilang espiritu ng kahandaang gumugol nang buo para sa Akin. Kaya maliban sa Aking mga panganay na anak, walang sinuman ang tunay at taos-pusong isinasaalang-alang ang Aking kalooban; pagkatapos Ko lamang malupig si Satanas saka sila handang gumawa ng serbisyo sa Akin.

Ang Aking karunungan at ang Aking mga panganay na anak ay nakatataas sa lahat at nananaig sa lahat, at walang bagay o tao o usapin ang nangangahas na humadlang. Bukod pa ryan, walang tao, usapin o bagay na makakapanaig sa kanila, at sa halip masunuring nagpapasakop ang lahat sa harapan ng Aking persona. Ito ay isang katotohanan na nagaganap sa mismong harapan ng isang tao, at isang katotohanang nakamtan Ko na. Sinumang nagpapatuloy sa pagsuway (ang mga masuwayin ay sumasangguni pa rin kay Satanas, at ang mga sinakop ni Satanas ay walang dudang si Satanas), tiyak na puspusan Ko silang wawasakin, para hindi na magkakaroon ng kaguluhan sa hinaharap; mamamatay sila kaagad mula sa Aking pagkastigo. Ang ganitong uri ng Satanas ay ang mga hindi handang maglingkod sa Akin. Ang mga Satanas na ito ay palaging matigas ang pagsalungat sa Akin mula pa noong paglikha, at ngayon patuloy pa rin sila sa pagsuway sa Akin. (Hindi ito nakikita ng mga tao dahil ito ay isang simpleng usapin patungkol sa espiritu. Kinakatawan ng ganitong uri ng tao ang ganitong uri ng Satanas.) Wawasakin ko muna sila bago maging handa ang lahat, hahayaan silang tanggapin ang disiplina ng matinding kaparusahan magpakailanman. (Ang “wasakin” dito ay hindi nangangahulugang “ang idulot na sila ay hindi na umiral”, ngunit sa halip tumutukoy ito sa lawak ng kalupitan na sa kanila ay ipaparanas. Ang salitang “wasakin” dito ay naiiba sa salitang “wasakin” na ginagamit para sa mga taong sisirain.) Mananangis sila at magngangalit ang kanilang mga ngipin magpakailanpaman, nang walang katapusan. Ganap na walang kakayahan ang tao na makini-kinita ang eksenang iyon. Sa mortal na pag-iisip ng sangkatauhan, wala silang kakayahang makaintindi ng mga espiritwal na bagay, at samakatuwid marami pang mga bagay na mauunawaan lamang ninyo pagkatapos magbalik sa Sion.

Sa Aking tahanan sa hinaharap, walang ibang naroroon maliban sa Aking mga panganay na anak at sa Akin, at sa panahong iyon lamang matutupad ang Aking layunin at magkakaroon ng ganap na katuparan ang Aking plano, dahil ang lahat ay ibabalik sa orihinal nitong kalagayan at ang lahat ay pagbubukud-bukurin ayon sa kani-kanilang uri. Ang Aking mga panganay na anak ay sa Akin, ang Aking mga anak at bayan ay makakasama ng mga nilikha at ang mga tagapagsilbi at ang mga winasak ay kay Satanas. Pagkatapos hatulan ang mundo, Ako at ang Aking mga panganay na anak ay sisimulang muli ang banal na buhay, at hindi nila Ako kailanman iiwan at palaging

makakasama Ko. Ang lahat ng misteryo na maaaring maunawaan ng isipan ng tao ay unti-unting mabubunyag sa inyo. Sa buong kasaysayan, may hindi na mabilang na tao ang minartir dahil sa Akin, iniaalay nang buo ang kanilang sarili sa Akin, ngunit ang mga tao ay nilikha pa rin at gaano man sila kabuti, hindi sila maaaring uriin bilang Diyos; isa itong hindi maiiwasang daloy ng mga pangyayari at hindi mababago ng sinuman. Ang Diyos nga naman ang lumilikha ng lahat ng bagay, habang ang mga tao ay mga nilikhang nilalang, at si Satanas ang puntirya ng Aking pagwasak at ang Aking kinamumuhang kaaway—ito ang pinakatotoong kahulugan ng kasabihang “Bagama’t maaaring gumalaw at magbagong-anyo ang kabundukan at mga ilog, ang kalikasan ng isang tao ay hindi magbabago.” Ang malagay sa ganitong kondisyon at yugto ngayon ay isang palatandaan na Ako at ang Aking mga panganay na anak ay papasok sa kapahingahan. Ito ay dahil lubusan nang ganap ang Aking gawain sa mundo, at sa susunod na hakbang ng Aking gawain ay kakailanganin Kong bumalik sa katawan para matapos ito. Ito ang mga hakbang ng Aking gawain, na matagal Ko nang naip plano. Dapat na malinaw na makita ang puntong ito, kung hindi ay lalabagin ng nakararaming tao ang Aking mga atas administratibo.

Kabanata 115

Dahil sa iyo ay magpapakasaya ang Aking puso; dahil sa iyo ay sasayaw Akong may galak, at bibigyan kita ng walang katapusang pagpapala, dahil bago ang panahon ng paglikha ay nagmula ka sa Akin. Ngayon ay dapat kang bumalik sa Aking tabi, dahil hindi ka sa mundo o sa daigdig, kundi sa Akin. Mamahalin kita magpakailanman, pagpapalain kita magpakailanman, at pangangalagaan kita magpakailanman. Lahat lamang ng nagmula sa Akin ang nakaaalam ng kalooban Ko; sila lamang ang magpapakita ng pagsasaalang-alang sa Aking pasanin, at sila lamang ang gagawa ng nais Kong gawin. Ngayon, naisakatuparan na ang lahat. Tulad ng isang bolang apoy ang Aking puso, nananabik na makasamang muli ang Aking mga minamahal na anak sa lalong madaling panahon, at lubusang bumalik sa Sion ang Aking persona sa lalong madaling panahon. Mayroon kang ilang kaalaman tungkol dito. Bagaman hindi natin madalas masusundan ang isa’t isa sa espiritu, maaari nating samahan ang isa’t isa nang madalas sa espiritu at magkita sa laman. Magpakailanmang di-mapaghihiwalay ang Ama at ang mga anak; malapit silang magkakaugnay. Walang makakakuha sa iyo palayo sa Aking tabi hanggang sa araw ng pagbalik sa Bundok Sion. Mahal Ko ang lahat ng panganay na anak na galing sa Akin, at kinamumuhian ang lahat ng kaaway na sumasalungat sa Akin. Dadalhin Ko pabalik sa Sion ang lahat ng mahal Ko at itatapon ang mga kinamumuhian Ko sa Hades, sa impiyerno. Ito ang pangunahing prinsipyo ng lahat ng Aking mga atas administratibo. Lahat ng sinasabi o ginagawa ng Aking mga panganay na anak ay isang pagpapahayag ng Aking Espiritu. Dahil sa malinaw na

pagkaunawang ito kaya ang lahat ay dapat magpatotoo sa Aking mga panganay na anak. Ito ang kasunod na hakbang ng Aking gawain, at kung lumalaban ang sinuman, hihingin Ko sa Aking mga minamahal na anak na iwasto sila. Ang kasalukuyan ay naiiba sa nakaraan. Kung nagsasabi ng salita ng paghatol ang mga minamahal Ko, kaagad na namamatay si Satanas sa Hades dahil naipagkaloob Ko na ang awtoridad sa Aking mga panganay na anak. Ang ibig sabihin nito ay simula ngayon, panahon na para sa Akin at sa Aking mga panganay na anak na mamunong magkasama. (Ito ay nasa yugto ng laman, na naiiba nang kaunti sa pamumuno nang magkasama sa katawan.) Sinumang sumusuway sa kaisipan ay magdurusa ng parehong kapalaran gaya ng mga lumalaban sa Akin Mismong persona. Dapat tratuhin ang Aking mga panganay na anak gaya ng pagtrato sa Akin dahil kami ay sa iisang katawan at hindi mapaghihiwalay. Dahil pinatotohanan Ako noon, dapat ay patotohanan din ngayon ang tungkol sa Aking mga panganay na anak. Isa ito sa Aking mga atas administratibo; lahat ay dapat manindigan at magpatotoo.

Umaabot hanggang sa mga dulo ng daigdig ang Aking kaharian, at naglalakbay kasama Ko ang Aking mga panganay na anak hanggang sa mga dulo ng daigdig. Maraming salita ang hindi ninyo nauunawaan dahil sa mga paghadlang ng inyong laman, bagama't sinabi Ko ang mga ito, kaya ang karamihan sa gawain ay dapat makumpleto matapos ng pagbabalik sa Sion. Makikita mula sa Aking mga salita na ang pagbalik na ito ay hindi na magtatagal—sa katunayan, malapit na itong mangyari. Kaya palagi Akong nagsasalita tungkol sa Sion at mga usapin sa Sion. Alam ba ninyo kung ano ang layunin ng Aking mga salita? Alam ba ninyo kung ano ang nasa puso Ko? Nananabik ang puso Kong bumalik sa Sion sa lalong madaling panahon, para tapusin ang buong lumang kapanahunan, para tapusin ang buhay natin dito sa lupa (dahil kinapopootan Ko ang mga tao, usapin, at mga bagay sa daigdig, at higit pang kinamumuhian ang buhay sa laman, at malaki ang mga paghadlang ng laman; magiging masagana lamang ang lahat sa pagbabalik sa Sion), at mabawi ang ating buhay sa kaharian. Ang layon ng Aking unang pagkakatawang-tao ay upang ilatag ang saligan ng Aking ikalawang pagkakatawang-tao. Ito ang landas na dapat lakbayin. Sa pamamagitan lamang ng lubusang pagbibigay ng Aking sarili kay Satanas maaari Ko kayong matubos, upang makabalik kayo sa Aking katawan sa huling yugto. (Kung hindi dahil sa Aking unang pagkakatawang-tao, hindi Ko sana nakayang magtamo ng kaluwalhatian, at hindi Ko sana nakayang mabawi ang handog para sa kasalanan, kaya kailangan ninyong pumunta sa mundo bilang mga makasalanan.) Dahil mayroon Akong walang hanggang karunungan, ang katotohanang inakay Ko kayo palabas ng Sion ay nangangahulugan na titiyakin Kong maibalik kayo sa Sion. Hindi magtatagumpay ang mga tangka ni Satanas na harangan ang daan dahil matagal nang naisakatuparan ang Aking dakilang gawain. Katulad Ko ang Aking mga panganay na anak—banal at busilak sila, kaya babalik pa rin Ako sa Sion kasama ang Aking mga panganay na anak, at hindi na kami maghihiwalay kailanman.

Unti-unting ibinubunyag sa inyo ang Aking buong plano ng pamamahala. Nasimulan Kong isagawa ang Aking gawain sa lahat ng bansa at sa gitna ng lahat ng tao. Sapat na ito para patunayan na hindi na malayo ang panahon ng Aking pagbalik sa Sion dahil ang pagsasagawa ng Aking gawain sa lahat ng bansa at sa gitna ng lahat ng tao ay isang bagay na gagawin matapos ang pagbalik sa Sion. Pabilis nang pabilis ang Aking galaw. (Dahil dumarating na ang araw kung kailan babalik Ako sa Sion, nais Kong matapos ang Aking gawain sa lupa bago Ako bumalik.) Nagiging mas abalang-abala Ako sa Aking gawain at gayunman mas pakaunti nang pakaunti ang gawain sa daigdig para gawin Ko—halos wala na nga. (Nakatuon ang Aking pagiging abala sa gawain ng Espiritu, na hindi maaaring makita ng sariling mata ng tao pero maaari lang matutunan mula sa Aking mga salita; hindi Ako abala gaya ng pagiging abala sa katawang-tao, kundi tumutukoy sa Aking pagpapalano ng maraming gampanin.) Ito ay dahil, tulad ng nasabi Ko, lubusan nang natapos ang Aking gawain sa lupa at kailangang maghintay ang natitira Ko pang gawain hanggang sa bumalik Ako sa Sion. (Ang dahilan kaya Ako'y kailangang bumalik sa Sion para gumawa ay sapagkat hindi maisasakatuparan sa katawang-tao ang gawain sa hinaharap, at kapag ginawa ang gawaing ito sa katawang-tao, makakasira ito sa Aking pangalan.) Kapag natalo Ko ang Aking mga kaaway at nakabalik sa Sion, magiging mas maganda at mapayapa ang buhay kaysa buhay bago ang mga kapanahunan. (Dahil ito sa ganap Kong napagtagumpayan ang mundo, at salamat sa Aking unang pagkakatawang-tao at Aking ikalawang pagkakatawang-tao, ganap Akong nagkamit ng kaluwalhatian. Sa Aking unang pagkakatawang-tao, isang bahagi lamang ng Aking kaluwalhatian ang aking nakamit, ngunit sa Aking ikalawang pagkakatawang-tao, ganap na nagkamit ng kaluwalhatian ang Aking persona, at kaya wala nang anumang pagkakataon para pagsamantalahan ni Satanas. Sa gayon, magiging higit pang mas maganda at payapa ang buhay sa hinaharap sa Sion.) Magpapakita ang Aking persona na higit pang maluwalhati sa harap ng mundo at ni Satanas para ipahiya ang malaking pulang dragon; ito ang kaibuturan ng lahat ng Aking karunungan. Kapag mas nagsasalita Ako ng mga panlabas na bagay, mas nakakaya ninyong makaunawa; kapag mas nagsasalita Ako tungkol sa mga bagay sa Sion na hindi makikita ng mga tao, mas iisipin ninyo na hungkag ang mga bagay na ito at magiging mas mahirap para sa inyo na mailarawan sa isip ang mga ito; iisipin ninyo na nagsasabi Ako ng mga kuwentong pambata. Gayunpaman, dapat ay maging mapagbantay kayo; walang mga hungkag na salita sa Aking bibig; mapagkakatiwalaan ang mga salitang nanggagaling sa Aking bibig. Kahit na mahirap maunawaan ang mga ito mula sa inyong paraan ng pag-iisip, lubos na totoo ito. (Dahil sa mga limitasyon ng laman, hindi kaya ng mga tao na ganap at lubos na maunawaan kung ano ang sinasabi Ko, at hindi Ko ganap na naibunyag ang marami sa mga bagay na nasabi Ko. Gayunman, kapag bumalik tayo sa Sion, hindi Ko na kailangang magpaliwanag; likas ninyong mauunawaan.) Hindi ito dapat basta na lamang tratuhin.

Kahit na mayroong mga limitasyon ang laman at ang mga kuru-kuro ng mga tao,

nais Ko pa ring paunlarin ang inyong kaisipang mortal at labanan ang inyong mga kuru-kuro sa pamamagitan ng mga ibinunyag na hiwaga, dahil nasabi Ko na nang maraming beses na ito ang isang hakbang ng Aking gawain (at hindi titigil ang gawaing ito hanggang sa pagpasok sa Sion). Mayroong isang “Bundok ng Sion” sa isip ng bawat tao at magkakaiba ito para sa bawat isa. Yamang patuloy Kong binabanggit ang Bundok ng Sion, bibigyan kita ng ilang pangkalahatang kabatiran tungkol dito para makaalam kayo ng kaunti nito. Ang pagiging nasa Bundok ng Sion ay ang makabalik sa espirituwal na daigdig. Kahit na tinutukoy nito ang espirituwal na daigdig, hindi ito isang lugar na hindi makikita at mahihipo ng mga tao; naaangkop ito sa katawan. Hindi ito lubusang dinakikita o di-nahihipo dahil kapag nagpapakita ang katawan, mayroon itong anyo at hugis, pero kapag hindi nagpapakita ang katawan, wala itong anyo o hugis. Sa Bundok ng Sion, walang magiging mga alalahanin tungkol sa pagkain, mga damit, araw-araw na pangangailangan at masisilungan, ni hindi magkakaroon ng pag-aasawa o pamilya, at walang paghihiwalay ng kasarian (lahat ng nasa Bundok ng Sion ay Aking persona, nasa iisang katawan, kaya walang pag-aasawa, pamilya o paghihiwalay ng kasarian), at ang lahat ng sinasabi ng Aking persona ay maisasagawa. Kapag hindi nakabantay ang mga tao, magpapakita ang Aking persona sa gitna nila, at kapag hindi nagbibigay-pansin ang mga tao, mawawala ang Aking persona. (Hindi ito maisasagawa ng mga taong may laman at dugo, kaya mahirap ito para sa inyo na mailarawan ito sa isip ngayon.) Sa hinaharap, mayroon pa ring isang araw, isang buwan at isang pisikal na langit at lupa, pero dahil magiging nasa Sion ang Aking persona, hindi magkakaroon ng nakakapasong init ng araw o oras sa buong maghapon at walang pagdurusa mula sa mga likas na kalamidad. Nang sinabi Ko na tayo’y hindi mangangailangan ng liwanag ng ilawan, ni ng liwanag man ng araw sapagkat liliwanagan tayo ng Diyos, nagsasalita Ako tungkol sa pagiging nasa Sion. Ayon sa mga kuru-kuro ng mga tao, dapat maalis ang lahat sa sansinukob, at dapat mabuhay ang lahat ng tao sa Aking liwanag. Iniisip nilang ito ang tunay na kahulugan ng “tayo’y hindi mangangailangan ng liwanag ng ilawan, ni ng liwanag man ng araw sapagkat liliwanagan tayo ng Diyos,” pero sa totoo lang, isang maling pakahulugan ito. Nang sinabi Ko na “namumunga ang puno ng labindalawang iba’t ibang bunga sa bawat buwan,” tinutukoy Ko ang mga usapin sa Sion. Kinakatawan ng pangungusap na ito ang kabuuan ng mga kalagayan ng buhay sa Sion. Sa Sion, hindi limitado ang panahon at walang hangganan ang heograpiya at espasyo. Kaya nga sinabi Kong “bawat buwan.” Ang “labindalawang iba’t ibang bunga” ay hindi kumakatawan sa pag-uugali na isinasabuhay ninyo ngayon; sa halip, tumutukoy ito sa buhay ng kalayaan sa Sion. Ang mga salitang ito ay isang paglalahat sa buhay sa Sion. Mula rito makikita na ang buhay sa Sion ay magiging mayaman at magkakaiba (dahil tinutukoy dito ng “labindalawa” ang kapuspusan). Magiging buhay ito na walang lumbay at mga luha, at wala nang pagsasamantala at pag-uusig, kaya ang lahat ay mapapawalan at malaya. Dahil ito sa umiiral ang lahat sa loob ng Aking persona, walang makakapaghiwalay sa kanila, at lahat ay magiging tanawin ng kagandahan at walang

hanggang pagiging bago. Magiging isang panahon ito kung kailan nakahanda na ang lahat, at magiging umpisa ito ng ating buhay matapos ng ating pagbalik sa Sion.

Kahit na lubusang nakumpleto na ang Aking gawain sa lupa, kailangan Ko pa rin ang Aking mga panganay na anak na gumawa sa lupa, kaya hindi pa Ako makakabalik sa Sion. Hindi Ako makakabalik sa Sion nang mag-isa, babalik Ako sa Sion kasama ang Aking mga panganay na anak pagkatapos nilang matapos ang kanilang gawain sa lupa. Sa ganitong paraan, tamang sabihin na nagkakamit tayo ng kaluwalhatian na magkakasama; ito ang ganap na pagpapamalas ng Aking persona. (Sinasabi Ko na ang gawain ng Aking mga panganay na anak sa lupa ay hindi pa kumpleto dahil hindi pa naipapamalas ang Aking mga panganay na anak. Dapat gawin ang gawaing ito ng mga matapat at tapat na tagasilbi.)

Kabanata 116

Sa Aking mga salita, marami ang nagpapadama ng takot sa mga tao. Marami sa Aking mga salita ang nagpapanginig sa sindak sa mga tao, at marami sa Aking mga salita ang nakapagdudulot ng pagdurusa at pagkawala ng pag-asa, at lalong higit pa ang nagdudulot ng pagkawasak ng mga tao. Walang makaaarok o malinaw na makauunawa sa kayamanan ng Aking mga salita. Sa pagsasabi Ko sa inyo ng Aking mga salita, at pagbubunyag ng mga ito sa inyo nang paisa-isang pangungusap lamang ninyo malalaman ang pangkalahatang kalagayan, habang hindi pa rin nalilinaan tungkol sa tunay na mukha ng mga partikular na katotohanan. Kaya nga, gagamit Ako ng mga katotohanan para ibunyag ang lahat ng Aking mga salita, nang sa gayon ay mas makaunawa kayo. Kung isasaalang-alang ang estilo ng Aking pananalita, hindi lamang Ako nagsasalita sa pamamagitan ng Aking mga salita, kundi higit pa nga rito ay ikinikilos Ko ang Aking mga salita; ito ang totoong kahulugan ng “mga salita at mga pagsasakatuparang nagaganap nang magkakasabay.” Sapagkat sa Akin ay malaya ang lahat, at pinakakawalan ang lahat, at sa saligang ito, ang lahat ng ginagawa Ko ay puspos ng karunungan. Hindi Ako nagsasalita nang walang-ingat, ni hindi rin Ako kumikilos nang walang-ingat. (Kahit na sa pagkatao o pagka-Diyos man, nagsasalita at kumikilos Ako nang may karunungan, dahil ang Aking pagkatao ay isang di-maihihiwalay na bahagi ng Aking Sarili.) Ngunit kapag nagsasalita Ako, walang nagbibigay-pansin sa tono ng Aking pananalita; kapag kumikilos Ako, walang nagbibigay-pansin sa paraan ng Aking paggawa. Ito ang pagkukulang ng tao. Ibubunyag Ko ang Aking kapangyarihan sa lahat ng tao, hindi lamang sa Aking mga panganay na anak, kundi lalong higit pa ngang ibubunyag Ko ang Aking kapangyarihan sa lahat ng bansa at lahat ng mga tao; tanging ang paggawa nito ang makapangyarihang patotoo na nakapagpapahiya kay Satanas. Hindi Ako kumikilos nang may kahangalan; iniisip ng karamihan sa mga tao na isang pagkakamali ang Aking pagpapatotoo sa mga panganay na anak; sinasabi nila na

mayroong ibang mga Diyos bukod sa Akin, na kumikilos Ako nang walang katuturan, na ibinababa Ko ang Aking Sarili; at dito ay lalo pang nalalantad ang katiwalian ng tao. Maaari kayang nagkamali Ako sa pagpapatotoo sa mga panganay na anak? Sinasabi ninyong mali Ako, kung gayon ay makakapagpatotoo ba kayo? Kung hindi sa Aking pagtataas, sa Aking patotoo, itutulak pa rin ninyo nang pailalim sa inyo ang Aking Anak, babalewalain pa rin ninyo Siya, at ituturing pa rin Siya bilang inyong utusan. Kayong kawan ng mga baboy! Isa-isa Ko kayong tatapusin! Walang palalampasin! Sabihin ninyo sa Akin, anong klaseng mga bagay ang di-katugma ng isang taong nagtataglay ng normal na pagkatao? Walang dudang na mga baboy ito! Talagang hindi Ko sila matatagalan. Kung hinintay Ko ang inyong patotoo, naantala na ang Aking gawain! Kayong kawan ng mga baboy! Talagang wala man lamang kayong pagkatao! Hindi Ko kailangan na maglingkod ka sa Akin! Lumayas ka rito ngayon din! Matagal mo nang inaapi at sinisiil ang Aking Anak; ikaw ay yuyurakan Ko hanggang maging sapal ka! Tingnan kung muli kang mangangahas na maging mabangis; Alamin kung ano ang mangyayari kung mangangahas kang muli Akong ipahiya! Natupad Ko na ang Aking dakilang gawain; dapat na akong bumalik para tapusin itong kawan ng mga hayop!

Lahat ay natupad na sa Aking mga kamay (pagdating sa may kinalaman sa mga minamahal Ko), at lahat ay nawasak din sa Aking mga kamay (pagdating sa mga may kinalaman sa mga hayop na iyon na kinamumuhian Ko, at mga tao, mga usapin, at mga bagay na kinasusuklaman Ko). Hinahayaan Kong makita ng Aking mga panganay na anak ang lahat ng gagawin Ko, hinahayaang lubusan nilang maunawaan, at mula roon ay makita ang lahat ng nagawa Ko mula nang lumabas mula sa Sion. Pagkatapos, papasok kaming magkasama sa Bundok ng Sion, papasok sa lugar kung nasaan kami bago ang mga kapanahunan, at mamumuhay kami nang panibago. Mula roon, mawawalan na ng ugnayan sa mundo at sa kawan ng mga baboy na ito, at sa halip ay ganap na kalayaan; ang lahat ay hindi mapipigilan at walang hadlang. Sino ang nangangahas na lumaban sa sinuman sa Aking mga panganay na anak? Sinong nangangahas na magpatuloy sa pagsalungat sa Aking mga panganay na anak? Hindi Ko sila pakakawalan nang basta-basta! Kung paano man ninyo Ako iginalang noon, gayon din ninyo dapat icalang ang Aking mga panganay na anak ngayon. Huwag kayong makitungo sa isang paraan sa harap Ko, at sa ibang paraan sa likod Ko; nakikita Ko kung paano ang bawat isa nang kasinlinaw ng kristal. Ang maging hindi tapat sa Aking Anak ay pagiging hindi anak sa Akin, na isang kitang-kitang katotohanan, sapagkat Kami ay iisang katawan. Kung mabuti sa Akin ang isang tao ngunit mayroong ibang pag-uugali tungo sa Aking mga panganay na anak, kung gayon ay walang dudang sila ay tipikal na inapo ng malaking pulang dragon, dahil pinagwawatak-watak nila ang katawan ni Cristo; hindi kailanman mapapatawad ang kasalanang ito! Dapat makita ito ng bawat isa sa inyo. Tungkulin ninyo na saksihan Ako, at higit pa ryan, obligasyon ninyo na saksihan ang mga panganay na anak. Wala sa inyo ang iiwas sa inyong responsibilidad; sinumang nanggagambala ay tatapusin Ko kaagad! Huwag mong isiping

natatangi ka. Sinasabi Ko sa iyo ngayon: Sinuman ang pinakaganyan, sila ang magiging puntirya ng Aking pinakamabagsik na kaparusahan! Sinuman ang pinakaganyan ang may pinakakaunting pag-asa, at siyang anak, higit sa lahat, ng impiyerno. Ikaw ay kakastiguhin Ko magpakailanman!

Personal na ginagawa ng Aking Espiritu ang lahat ng Aking gawain, at hindi Ko pinapayagan ang anuman sa uri ni Satanas na makialam. Ito ay upang maiwasan ang pagkagambala ng Aking mga plano. Sa katapusan, hahayaan Ko kapwa ang matatanda at mga bata na bumangon at purihin Ako at ang Aking mga panganay na anak, purihin ang Aking mga kamangha-manghang gawa, at purihin ang pagpapakita ng Aking persona. Hahayaan Ko ang tunog ng mga papuri na umalingawngaw sa buong sansinukob at hanggang sa dulo ng mundo, niyayanig ang kabundukan, mga ilog, at lahat ng bagay, at lubusan Kong hihiyain si Satanas. Gagamitin Ko ang Aking patotoo upang wasakin ang buong marumi at masamang lumang mundo, at magtatayo ng isang banal at walang-dungis na bagong mundo. (Sa pagsasabing ang araw, ang buwan, ang mga bituin, at ang mga bagay sa kalangitan ay hindi magbabago sa hinaharap, hindi Ko ibig sabihin na umiiral pa rin ang lumang mundo, bagkus ay mawawasak ang buong mundo at mapapalitan ang lumang mundo. Hindi Ko ibig sabihin na papalitan ang sansinukob.) Sa gayon lamang ito magiging mundong nakaayon sa Aking kalooban; sa loob nito, hindi magkakaroon ng uri ng panunupil na tulad ng sa ngayon, ni hindi ito magkakaroon ng kasalukuyang mga kaganapan ng pananamantala ng mga tao sa isa't isa. Sa halip, magkakaroon ng ganap na pagkamakatarungan at pagkamakatuwiran sa loob ng laman. (Bagaman sinasabi Ko na magkakaroon ng pagkamakatarungan at pagkamakatuwiran, ito ay mapapaloob sa laman; magiging ibang-iba ito sa Aking kaharian—kasingmagkaiba ng langit at lupa; talagang walang paraan para paghambingin ang dalawa—kung sabagay, ang mundo ng mga tao ay ang mundo ng mga tao, at ang espirituwal na mundo ay ang espirituwal na mundo.) Sa panahong iyan, pamamahalaan Ko at ng Aking mga panganay na anak ang gayong mundo (sa mundong ito, hindi magkakaroon ng panggugulo mula kay Satanas, dahil ganap Kong itatapon si Satanas), ngunit mga buhay pa rin sa kaharian ang ating mga buhay, na hindi maipagkakaila ninuman. Sa lahat ng mga kapanahunan, walang sinumang tao (gaano man katapat) na nakaranas ng ganitong uri ng buhay, dahil sa lahat ng mga kapanahunan, wala kahit isa man ang kumilos bilang Aking panganay na anak, at magbibigay-serbisyo pa rin sila para sa Akin kalaunan. Bagaman tapat ang mga taga-serbisyonang ito, sila ay mga inapo pa rin ni Satanas na nilupig Ko, kaya pagkatapos ng kamatayan ng laman, isinisilang pa rin sila sa mundo ng mga tao para gumawa ng serbisyo para sa Akin; ito ang totoong kahulugan ng “ang mga anak nga naman ay ang mga anak, at ang mga taga-serbisyo nga naman ay ang mga inapo ni Satanas.” Sa lahat ng mga kapanahunan, hindi alam kung gaano karaming tao ang nariyan para magsilbi sa mga panganay na anak ngayon; sa lahat ng mga taga-serbisyo, walang makatatakas, at pagagawin Ko sila ng serbisyo para sa Akin magpakailanman. Kung ang kanilang kalikasan ang pag-uusapan, silang lahat ay mga

anak ni Satanas, at silang lahat ay lumalaban sa Akin, at bagaman gumagawa sila ng serbisyo para sa Akin, napipilitan sila, at wala sa kanila ang may pagpipilian. Ito ay dahil ang lahat ay kontrolado ng Aking kamay; at dapat magbigay-serbisyo sa Akin ang mga taga-serbisyonang ginagamit Ko hanggang katapusan. Kaya, marami pa ring mga tao ngayon ang may parehong kalikasan ng mga propeta at mga apostol ng mga kapanahunan, dahil iisang espiritu sila. Kaya, marami pa ring tapat na taga-serbisyo na inuutusan Ko, ngunit sa katapusan (sa loob ng anim na libong taon, patuloy silang gumagawa ng serbisyo para sa Akin kaya kabilang ang mga taong ito sa mga taga-serbisyo), walang makaaabot doon sa inaasahan ng lahat sa lahat ng mga kapanahunan, dahil hindi para sa kanila ang Aking mga inihanda.

Makikitang natupad na ang lahat ng Akin; pabalik Ko ang Aking mga panganay na anak sa Aking tahanan at sa Aking tabi upang muling magkasama-sama. Dahil nakabalik Akong wagi at matagumpay at lubusan Kong natamo ang kaluwalhatian, pumarito Ako para ibalik kayo. Sa nakalipas, nakagawa ang ilang tao ng mga hula tungkol sa “limang matatalinong dalaga at limang mangmang na dalaga.” Bagaman hindi tumpak ang hulang ito, hindi naman ito maling-mali—kaya maaari Akong magbigay sa inyo ng ilang paliwanag. Ang “limang matatalinong dalaga at limang mangmang na dalaga” ay parehong hindi kumakatawan sa bilang ng tao o sa uri ng mga tao. Ang “limang matatalinong dalaga” ay tumutukoy sa bilang ng mga tao, at ang “limang mangmang na dalaga” ay kumakatawan sa isang uri ng mga tao, ngunit alinman sa dalawang ito ay hindi tumutukoy sa mga panganay na anak. Sa halip, kinakatawan nila ang sangnilikha. Ito ang dahilan kung bakit pinaghanda sila ng langis sa mga huling araw. (Hindi nagtataglay ng Aking katangian ang sangnilikha; kung gusto nilang maging matatalino, kailangan nilang maghanda ng langis, at kaya kailangang masangkapan sila ng Aking mga salita.) Kinakatawan ng “limang matatalinong dalaga” ang Aking mga anak at Aking bayan sa lahat ng mga tao na Aking nilikha. Tinatawag silang “mga dalaga” dahil bagama’t isinilang sila sa lupa, natamo Ko pa rin sila; maaari silang matawag na banal, kaya tinatawag silang “mga dalaga.” Ang naunang nabanggit na “lima” ay kumakatawan sa bilang ng Aking mga anak at sa Aking bayan na itinadhana Ko na. Ang “limang mangmang na dalaga” ay tumutukoy sa mga taga-serbisyo, sapagkat gumagawa sila ng serbisyo para sa Akin nang hindi nagpapahalaga ni katiting sa buhay, at hinahangad lamang ang mga panlabas na bagay (dahil hindi sila nagtataglay ng Aking katangian, anuman ang gawin nila, ito ay isang panlabas na bagay), at hindi nila kayang maging Aking mga may-kakayahang katulong, kaya tinawag silang “mga mangmang na dalaga.” Ang nabanggit sa itaas na “lima” ay kumakatawan kay Satanas, at ang katotohanan na tinawag silang “mga dalaga” ay nangangahulugan na nalupig Ko na sila at kaya nilang gumawa ng serbisyo para sa Akin—ngunit hindi banal ang ganitong tao, kaya tinatawag silang taga-serbisyo.

Kabanata 117

Ikaw ang Siyang nagbubukas ng balumbon, at Ikaw ang Siyang bumabasag sa pitong tatak, dahil sa Iyo nagmumula ang lahat ng hiwaga at Ikaw ang nagbubunyag ng lahat ng pagpapala. Nakatakda Akong mahalín Ka magpakailanman, at nakatakda Ako na pasambahin sa Iyo ang lahat ng tao, dahil Ikaw ang Aking katauhan, bahagi Ka ng Aking masagana at ganap na pagpapamalas, isang kailangang-kailangang bahagi ng Aking katawan. Kaya nga, dapat Akong magbigay ng natatanging patotoo. Sino pa maliban sa napapaloob sa Aking katauhan ang kaayon ng puso Ko? Hindi Ikaw Mismo ang Siyang nagpapatotoo sa Iyo, pero ang Aking Espiritu na nagpapatotoo sa Iyo, at tiyak ng hindi Ko patatawarin ang sinumang nangangahas na sumuway sa Iyo, dahil hinggil ito sa Aking mga atas administratibo. Lahat na sinasabi Mo ay tiyak na isasakatuparan Ko, at lahat ng iniisip Mo ay siguradong tatanggapin Ko. Kung hindi tapat ang isang tao sa Iyo, kung gayon, hayagan nila Akong nilalabanan, at tiyak na hindi Ko sila patatawarin. Matindi Kong kakastiguhin ang lahat ng mga lumalaban sa Aking Anak, at pagpapalain Ko sila na nakaayon sa Iyo. Ito ang awtoridad na iginagawad Ko sa Iyo. Ayon sa sinabi noon—ukol sa mga hinihingi at mga pamantayang ibinigay sa mga panganay na anak—Ikaw ang huwaran. Na ibig sabihin, gaya ng sa Iyo, gayon din ang hihingiin Ko sa mga panganay na anak. Hindi ito isang bagay na magagawa ng mga tao, kundi kung ano ang ginagawa mismo ng Aking Espiritu. Kung naniniwala ang sinuman na ang mga tao ang sumasaksi para sa Iyo, kung gayon ang nilikhang iyan ay walang dudang kauri ni Satanas at kaaway Ko! Samakatuwid, ang patotoo ay ang konklusyon, hindi nagbabago magpakailanman, at kung ano ang kinukumpirma ng Banal na Espiritu! Walang sinuman ang maaaring magbago nito nang bahagya, kung sinuman ang gumawa nito ay hindi Ko patatawarin! Yamang hindi maaaring magpatotoo sa Akin ang mga tao, Ako Mismo ang nagpapatotoo sa Aking katauhan, at hindi dapat makagambala ang mga tao sa Aking gawain! Ito ay mga salita ng matinding paghuhusga, at dapat isaalang-alang ng bawat tao ang mga ito!

Dapat ninyong isaalang-alang at bigyang-pansin ang bawat detalye ng sinasabi Ko. Huwag tratuhin ang aking mga salita nang basta-basta, ngunit makinig nang mabuti. Bakit Ko sinasabi na ang mga panganay na anak ay ang Aking katauhan at isang kailangang-kailangang bahagi ng Aking kaharian? Bago ang lahat ng kapanahunan, nabuhay kaming magkasama at hindi kailanman nagkahiwalay. Dahil sa mga panggugulo ni Satanas, matapos Akong magkatawang-tao sa unang pagkakataong bumalik Akong muli sa Sion. Pagkatapos, dumating kaming lahat sa mundo, at matapos Akong magwagi ng tagumpay sa mga huling araw—iyan ay, matapos Ko kayong mabawi mula sa laman na ginawang tiwali ni Satanas—ibabalik Ko kayo sa Sion upang magsamang muli ang Aking katauhan, na hindi na kailanman mapaghihiwalay. Matapos niyan hindi na Ako muling magkakatawang-tao, at tiyak na hindi kayo lalabas sa Aking katawan. Ibig sabihin, pagkatapos nito ay hindi Ko na muling lilikhain ang mundo, ngunit

mananatiling di-maihihiwalay mula sa Aking mga panganay na anak sa Sion magpakailanman, dahil lahat ay lubos nang natapos ngayon, at malapit Ko nang wakasan ang buong lumang kapanahunan. Tanging sa Sion mayroong buhay ng bagong langit at lupa, dahil umiiral ang Aking pagkatao sa Sion. Hindi na magkakaroon ng bagong mga langit o bagong mga lupa na umiiral ng hiwalay sa mga ito. Ako ang bagong langit, at Ako rin ang bagong lupa, dahil pinupuno ng Aking pagkatao ang buong Sion. Maaari ring sabihin na ang Aking mga panganay na anak ang bagong langit, ang Aking mga panganay na anak ang bagong lupa. Ang Aking mga panganay na anak at Ako ay sa iisang katawan at di-mapaghihiwalay. Ang pagsasalita ukol sa Akin ay nangangahulugang pagsasalita rin tungkol sa Aking mga panganay na anak, at siguradong hindi Ko papatawarin ang sinumang susubok na paghiwalayin kami. Kapag pinabalik ko ang lahat ng mga bansa at mga tao sa harapan ng Aking trono, lubusang mapapahiya ang lahat ng mga Satanas at aatras mula sa Akin ang lahat ng masasamang demonyo. Pagkatapos ay tiyak na iiral ang katuwiran sa gitna ng lahat ng tao (ibig sabihin sa Aking mga anak at bayan), at tiyak na hindi na magkakaroon pa ng mga panggagambala ni Satanas sa lahat ng mga bansa, dahil pamumunuan Ko ang lahat ng bansa at tao, ipapamalas Ko ang kapangyarihan sa buong mundong sansinukob, at lubusang mawawasak ang lahat ng mga Satanas, ganap na matatalo, at tatanggap ng kaparusahan ng Aking mga atas administratibo.

Nagpapatuloy Ako sa Aking gawain sa lahat ng mga tao, ngunit mayroon lamang silang kaliwanagan ng Aking Espiritu, at walang sinuman sa kanila ang kwalipikado upang ibunyag ang Aking mga hiwaga, walang kwalipikado upang ipahayag Ako. Tanging ang Siyang nagmumula sa Akin ang kwalipikado upang gawin ang Aking gawain—at ang iba pa ay pansamantala Ko lamang ginagamit. Hindi bababa ang Aking Espiritu sa isang tao na nagkataon lamang, dahil lahat ng nasa Akin ay mahalaga. Para bumaba ang Aking Espiritu sa isang tao at para magkabisa ang Aking Espiritu sa isang tao ay ganap na magkakaibang mga bagay. May bisa ang Aking Espiritu sa mga taong nasa labas Ko, ngunit bumababa ang Aking Espiritu sa Kanya na nagmumula sa Akin. Dalawa itong ganap na hindi magkaugnay na mga bagay. Dahil banal Siyang nagmumula sa Akin, ngunit hindi banal ang mga nasa labas Ko, kahit gaano pa sila kabuti. Hindi bababa ang Aking Espiritu sa isang tao para sa anumang maliit na kadahilan. Hindi dapat mag-alala ang mga tao. Hindi ako nagkakamali, at Ako ay isandaang porsiyentong sigurado tungkol sa Aking ginagawa! Katulad ng Aking pagpapatotoo para sa Kanya, tiyak na pangangalagaan Ko rin Siya; Siya ay tiyak na nagmumula sa Akin at kailangang-kailangan ng Aking katauhan. Samakatuwid, inaasahan Ko na isasantabi ng mga tao ang kanilang sariling mga kuru-kuro, talikuran ang anumang mga ideya na ibinigay ni Satanas, maniwala na totoo ang bawat pagsasalita Ko, at huwag magbigay-daan sa mga pag-aalinlangan sa kanilang mga isipan. Ito ang Aking ipinapagawa sa tao at ang Aking payo sa tao. Dapat sumunod ang lahat sa mga bagay na ito, lahat ay dapat taimtim na sumunod sa mga ito, at dapat gawing pamantayan ng lahat ang sinasabi Ko.

Hindi Ko lamang sisimulan ang Aking gawain sa lahat ng mga bansa at mga tao, kundi nagsisimula din ng Aking gawain sa lahat ng dako ng sansinukob na mundo, at higit pang ipinakikita nito na ang araw para sa Aking pagbabalik sa Sion ay hindi na magtatagal (sapagkat kinakailangan na bumalik Ako sa Sion bago Ako makapag-umpisa ng gawain sa lahat ng tao sa buong sansinukob na mundo). Mayroon bang sinuman na makaaarok sa mga hakbang ng Aking gawain at sa paraan ng aking pagtatrabaho? Ang mga dahilan kung bakit sinasabi Kong makikipagtagpo Ako sa mga dayuhan sa espiritu ay dahil pangunahin dito na ito ay hindi maaaring gawin sa laman, at dahil ayaw Kong ipagsapalaran ang mga panganib sa ikalawang pagkakataon. Ito ang mga dahilan para makipagniig sa mga dayuhan sa espiritu. Ito ay dapat na nasa totoong espirituwal na mundo, hindi isang malabong mundong espirituwal na tulad ng kathang-isip ng mga^a nabubuhay sa laman. Ang sinasabi Ko sa panahong iyon ay naiiba lamang sa paraan ng Aking pagsasalita, sapagkat magsasalita Ako sa loob ng ibang kapanahunan. Samakatuwid, ipinaaalala Ko sa tao nang paulit-ulit na bigyang-pansin ang paraan ng Aking pagsasalita, at ipinaaalala Ko rin sa tao na mayroong mga hiwaga sa sinasabi Kong hindi maaaring ibunyag ng mga tao. Ngunit walang nakauunawa kung bakit sinasabi Ko ang mga bagay na ito, at ito ay dahil lamang sa sinasabi Ko sa inyo ngayon na nakauunawa na kayo nang kaunti, ngunit hindi pa kumpleto. Matapos ang yugtong ito sa Aking gawain, ipaalam Ko sa inyo ang bawat hakbang. (Nais Ko pa ring alisin ang ilang mga tao sa pamamagitan nito, kaya't hindi Ako magsasalita ng anuman sa ngayon.) Ito ang pamamaraan ng susunod na hakbang ng Aking gawain. Ang lahat ay dapat magbigay-pansin at makakita nang malinaw na Ako Mismo ang Diyos na marunong.

Kabanata 118

Sinumang naninindigan upang magpatotoo sa Aking Anak, pagkakalooban Ko sila ng biyaya; sinumang hindi naninindigan upang magpatotoo sa Aking Anak, kundi sa halip ay lumalaban at ginagamit ang mga kuru-kuro ng tao para gumawa ng sarili nilang mga pagtataya, wawasakin Ko sila. Dapat na malinaw na makita ng lahat! Ang pagpapatotoo sa Aking Anak ay isang pagpapakita ng paggalang para sa Akin at pinalulugod nito ang Aking kalooban. Huwag mong igalang ang Ama lang, habang inaapi at sinisiil ang Anak. Ang mga gumagawa niyan ay mga inapo ng malaking pulang dragon. Hindi Ko kailangan ang mga walang hiyang gaya nito upang magpatotoo sa Aking Anak; wawasakin Ko sila sa walang-hanggang kalaliman. Nais Ko na magsilbi sa Aking Anak ang matatatag at matatapat na taga-serbisyo; pagdating naman sa iba, hindi Ko sila kailangan. Ito ang Aking matuwid na disposisyon at nagsisilbi ito para

^a Wala sa orihinal na teksto ang pariralang “tulad ng kathang-isip ng mga.”

ipakita na Ako ang banal at walang kapintasang Diyos Mismo. Hindi Ko patatawarin ang sinumang nagkakasala sa Aking mga atas administratibo. Sinumang sumuway sa Iyo o umusig sa Iyo sa nakaraan, maging sa pamilya man o sa mundo, kakastiguhin Ko sila isa-isa at walang palalampasin, sapagkat walang bahagi Ko ang laman at dugo. Ang pagpapatotoo sa Iyo ngayon ay nagpapakita na natapos na sa pagsisilbi sa Akin ang mga taga-serbisyong iyon, kaya huwag kang magkaroon ng anumang pag-aalinlangan o pag-aalala. Sila naman ay Iyong mga taga-serbisyo at kapag nasabi at nagawa na ang lahat, Ikaw ay sa langit, at babalik Ka sa Aking katawan sa katapusan, sapagkat ang Aking katawan ay hindi maaari na wala Ka. Ang mga sumuway sa Iyo at ang mga hindi kaayon sa Iyo sa nakaraan (isang bagay ito na hindi nakikita ng iba; Ikaw lamang ang nakaaalam nito sa Iyong puso) ay ibinunyag na ngayon ang kanilang mga orihinal na anyo at bumagsak na, sapagkat Ikaw ang Diyos Mismo at hindi Mo kukunsintihin ang sinumang sumusuway sa Iyo o nagkakasala sa Iyo. Kahit na hindi ito makikita sa anumang paraan mula sa labas, nasa loob Mo ang Aking Espiritu; ito ay hindi mapag-aalinlanganan. Dapat paniwalaan ito ng lahat ng tao, sakaling pabagsakin ng Aking tungkod na bakal ang lahat ng sumusuway sa Akin! Yaman din lang na nagpapatotoo Ako sa Iyo, tiyak na nagtataglay Ka ng awtoridad, at lahat ng sinasabi Mo ay pagpapahayag Ko, at lahat ng ginagawa Mo ay Aking pagpapamalas, sapagkat Ikaw ang Aking minamahal at Ikaw ay isang bahagi na hindi maaaring wala ang Aking persona. Kaya bawat pagkilos Mo, kung ano ang suot Mo, kung ano ang ginagamit Mo, at kung saan Ka nakatira—tiyak na ang mga ito ay mga gawa Ko rin. Walang sinuman na dapat sumubok maghanap ng isang bagay laban sa Iyo, at walang sinuman ang dapat maghanap ng mali sa Iyo. Kapag ginawa ito ninuman, hindi Ko sila patatawarin!

Itatapon Ko ang lahat ng masasamang alipin palabas ng Aking bahay, at sa loob ng Aking bahay ay gagawin Kong magpatotoo sa Aking mga panganay na anak ang lahat ng Aking tapat na lingkod; ito ang Aking plano at ito ang paraan kung paano Ako gumagawa. Kapag nagpapatotoo sa Aking Anak ang masasamang lingkod, mayroong amoy ng mga patay na tao at kinamumuhian Ko ito. Kapag nagpapatotoo sa Aking Anak ang matatapat na lingkod, masigasig at taimtim ito, at katanggap-tanggap ito sa Akin. Kaya, sinumang ayaw magpatotoo sa Aking Anak, lumayas ka rito ngayon din! Hindi Kita pipilitin—kapag sinabi Ko sa iyo na umalis ka, kailangan mong umalis! Tingnan mo kung ano ang mga kahihinatnan para sa iyo at kung ano ang naghihintay sa iyo; nauunawaan ito ng mga nagsisilbi nang higit sa sino pa man. Ang Aking paghatol, ang Aking poot, ang Aking mga sumpa, ang Aking panununog at ang Aking nagngangalit na poot ay sasapitin anumang oras ng sinumang sumuway sa Akin. Hindi nagpapakita ng awa kaninuman ang Aking kamay; kahit gaano katapat noon ang isang nagsisilbi, kung sinusuway niya ngayon ang Aking Anak, agad Ko siyang wawasakin at hindi Ko siya hahayaang manatili sa harapan Ko. Mula rito, makikita ng isang tao ang Aking walang-awang kamay. Dahil hindi Ako kilala ng mga tao at dahil sinusuway Ako ng kanilang kalikasan, maging ang matatapat sa Akin ay matatapat lang para sa kanilang sariling

kasiyahan. Kapag may nangyaring nakasama sa kanila, nagbabago agad-agad ang kanilang puso at gusto nilang umatras mula sa tabi Ko. Ito ang kalikasan ni Satanas. Hindi kayo dapat mapaggiit, naniniwala na tapat nga kayo! Kung wala silang mahihita rito, itong kawan ng mga hayop na ito ay sadyang hindi kayang maging tapat sa Akin. Kung hindi Ko inihayag ang Aking mga atas administratibo, matagal na kayong nagsiurong. Lahat kayo ngayon ay naiipit sa dalawang nag-uumpugang bato, ayaw magsilbi sa Akin pero ayaw mapabagsak ng Aking kamay. Kung hindi Ko ipinahayag na sasapit ang malalaking sakuna sa sinumang sumusuway sa Akin anumang oras, matagal na kayong nagsiurong. Hindi Ko ba alam ang mga panlilinlang na maaaring gamitin ng mga tao? Nagtataglay na ngayon ng maliit na pag-asa ang karamihan sa mga tao, pero kapag ang pag-asang iyan ay nauwi sa kabiguan, ayaw na nilang magpatuloy pa at humihiling na bumalik na lang. Nasabi Ko na noon na hindi Ako nagpapanatili rito ng sinuman nang laban sa kanilang kalooban, pero maingat mong isipin kung ano ang mga magiging kahihinatnan para sa iyo. Hindi Kita pinagbabantaan; tungkol ito sa mga katunayan. Walang sinumang makaaarok sa kalikasan ng tao maliban sa Akin; iniisip ng lahat ng tao na tapat sila sa Akin, at hindi nalalaman na hindi dalisay ang kanilang katapatan. Sisirain ang mga tao ng mga karumihang ito dahil ang mga ito ay isang pakana ng malaking pulang dragon. Matagal Ko nang inilantad ito; Ako ang Diyos na makapangyarihan sa lahat, kaya paanong hindi Ko mauunawaan ang isang napakasimpleng bagay? Kaya Kong pasukin ang iyong dugo at iyong laman para makita ang iyong mga layunin. Hindi mahirap para sa Akin na maarok ang kalikasan ng tao, pero iniisip ng mga tao na matatalino sila, naniniwalang sila lang at wala nang iba ang nakaaalam ng kanilang mga layunin. Hindi ba nila alam na ang Diyos na makapangyarihan sa lahat ay umiiral sa kalangitan at daigdig at lahat ng bagay?

Mamahalin Ko ang Aking Anak hanggang sa pinakadulo at kamumuhian Ko ang malaking pulang dragon at si Satanas magpakailan pa man. Sasapit ang Aking pagkastigo sa lahat ng sumusuway sa Akin at wala kahit isang kaaway ang palalampasin. Nasabi ko na noon, “Inilalagay Ko sa Sion ang isang malaking bato. Sa mga mananampalataya, ang batong ito ang saligan ng kanilang pagkakatayo. Sa mga hindi naniniwala, ito ang bato kung saan sila natitisod. Sa mga anak ng diyablo, ito ang bato na dumudurog sa kanila hanggang sa mamatay sila.” Hindi lang sa nasabi Ko na noon ang mga salitang ito, kundi naipropesiya na ang mga ito ng maraming tao at maraming tao na ang nakabasa sa siping ito ng mga salita sa kapanahunang ito. Bukod diyan, sinubukan na ng ilang tao na ipaliwanag ang mga salitang ito, pero wala pang sinuman ang nakalutas ng hiwagang ito noon, dahil ang gawaing ito ay ginagawa lamang sa kasalukuyang panahon ng mga huling araw. Kaya, bagama’t sinubukan na ng ilang tao na ipaliwanag ang mga salitang ito, ang kanilang mga paliwanag ay pawang maling paniniwala. Ngayon, ibinubunyag Ko ang buong kahulugan sa inyo upang malaman ninyo kung gaano kaseryoso ang Aking pagpapatotoo sa Aking mga panganay na anak, at ang Aking layunin sa paggawa nito. Inilalagay Ko sa Sion ang isang malaking bato at ang

batong ito ay tumutukoy sa pagpapatotoo sa Aking mga panganay na anak. Ang salitang “malaki” ay hindi nangangahulugang ginagawa ang pagpapatotoong ito sa isang napakalaking antas, kundi na sa pagpapatotoo sa Aking mga panganay na anak, aatras ang napakaraming taga-serbisyo. Dito, “ang mga hindi naniniwala” ay tumutukoy sa mga umaatras dahil pinatotohanan ang Aking Anak. Samakatuwid, ang bato ay batong katitisan sa ganitong uri ng tao. Sinasabi Ko na bato ito dahil ang ganitong uri ng tao ay pababagsakin ng Aking kamay, kung kaya ang “bato na nakatitisan sa mga tao” ay hindi sinasabi kaugnay sa pagkahulog o panghihina, kundi kaugnay sa pagkakapabagsak ng Aking kamay. Ang “mga mananampalataya” sa “sa mga mananampalataya, ang batong ito ang saligan ng kanilang pagkakatatayo” ay tumutukoy sa mga taga-serbisyong iyon na tapat, at ang “saligan ng kanilang pagkakatatayo” ay tumutukoy sa biyaya at pagpapala na tatanggapin nila matapos nilang tapat na magsilbi sa Akin. Na napatotohanan na ang mga panganay na anak ay nagpapahiwatig na malapit nang mawala ang buong lumang panahon na ito; ibig sabihin, sumasagisag ito sa pagkawasak ng kaharian ni Satanas; samakatuwid, para sa mga Hentil, ito ang batong dumudurog sa kanila hanggang sa mamatay sila. Kaya ang pagbasag sa lahat ng bansa sa mga piraso ay tumutukoy sa ganap na pagpapanibago ng buong mundo; ang luma ay mawawala at ang bago ay itatatag—ito ang totoong kahulugan ng “pagbasag.” Nauunawaan ba ninyo? Maaaring lagumin sa kaunting salitang ito ang gawaing ginagawa Ko sa huling yugto na ito. Ito ang Aking kamangha-manghang gawa at dapat ninyong maunawaan ang Aking kaloobang napapaloob sa Aking mga salita.

Kabanata 119

Dapat maintindihan ninyong lahat ang Aking mga layunin, at dapat maunawaan ninyong lahat ang lagay ng Aking loob. Ngayon na ang panahon para maghanda sa pagbalik sa Sion. Wala Akong ibang iniisip na gawin kundi ito. Umaasa lamang Ako na magsasama tayong muli balang araw, at gugugulin ang bawat minuto at bawat segundong kasama kayo sa Sion. Kinasusuklaman Ko ang mundo, kinasusuklaman Ko ang laman, at lalo Kong kinasusuklaman ang bawat tao sa daigdig; hindi Ako handang makita sila, dahil lahat sila ay gaya ng demonyo, na wala kahit katiting na bahid ng kalikasan ng tao. Hindi Ako handang mabuhay sa daigdig; nasusuklam Ako sa lahat ng nilikha, nasusuklam Ako sa lahat na may laman at dugo. Ang buong lupain ay nangangamoy bangkay; nais Kong bumalik kaagad sa Sion, upang alisin ang lahat ng amoy ng mga bangkay mula sa daigdig at punuin ang buong daigdig ng tunog ng papuri para sa Akin. Babalik Ako sa Sion, kakawala Ako sa laman at sa mundo, at walang maaaring humadlang sa Akin; ang Aking kamay na pumapatay sa tao ay walang damdamin! Mula ngayon, walang maaaring magsalita tungkol sa pagtatayo ng iglesia. Kung mayroon man, hindi Ko sila patatawarin. (Ito ay dahil ngayon ang panahon para

magpatotoo para sa Aking mga panganay na anak, at ang panahon para itatag ang kaharian; sinumang nagsasalita tungkol sa pagtatayo ng iglesia ay ginigiba ang pagtatayo ng kaharian at ginagambala ang Aking pamamahala.) Handa na ang lahat, nakahanda na ang lahat; ang tanging natitira ay ang maitaas at mapatotohanan ang mga panganay na anak. Kapag nangyari iyan, Ako, nang wala ni sandaling pagkaantala at hindi isinasaalang-alang ang anyo, ay kaagad babalik sa Sion—ang lugar na laman ng inyong isipan araw at gabi. Huwag lang tingnan kung paanong nagpapatuloy nang maayos at matatag ang kasalukuyang mundo. Ang lahat ng gawaing ito ay ang gawain ng pagbabalik sa Sion, kaya huwag intindihin ang mga bagay na ito ngayon; kapag dumating ang araw ng pagbalik sa Sion, magiging ganap ang lahat. Sino ang hindi nangangarap na bumalik agad sa Sion? Sino ang hindi nangangarap na muling magkasama ang Ama at ang mga anak sa lalong madaling panahon? Gaano man kasiya-siya ang mga makamundong kasiyahan, hindi mapanghahawakan ng mga ito ang ating laman; hihigitan natin ang ating laman at magkasamang babalik sa Sion. Sino ang nangangahas na hadlangan ito? Sino ang nangangahas na maglagay ng mga balakid? Tiyak na hindi Ko sila patatawarin! Papalisin Ko lahat ng batong katitisuran. (Ito ang dahilan kaya Ko sinasabi na hindi Ako agad-agad makababalik sa Sion. Isinasagawa Ko itong gawaing paglilinis at kasabay na nagpapatotoo Ako para sa Aking mga panganay na anak; sabay na sumusulong ang dalawang gawaing ito. Kapag naging ganap ang gawaing paglilinis, magiging panahon na para sa Akin na ibunyag ang mga panganay na anak. Ang mga “batong katitisuran” ay tumutukoy sa malaking bilang ng mga taga-serbisyo, kaya sinasabi Ko na sabay na nangyayari ang dalawang gawaing ito.) Palalakaran Ko ang Aking mga panganay na anak kasama Ko sa buong sansinukob at sa kadulu-duluhan ng mundo, sa mga kabundukan at mga ilog at lahat ng bagay; sino ang nangangahas na pigilan ito? Sino ang nangangahas na hadlangan ito? Hindi madaling pinakakawalan ng Aking kamay ang sinumang tao; maliban sa Aking mga panganay na anak, nagagalit Ako sa lahat at at sinusumpa Ko ang lahat. Sa buong kalupaan wala ni isang mortal na tumatanggap ng Aking mga pagpapala; lahat ay nakatatagpo ang Aking sumpa. Buhat pa noong paglikha sa mundo, wala Akong pinagpala; kahit na nang nagbigay Ako ng mga pagpapala, pawang mga salita lang ang mga ito, hindi naging realidad kailanman, dahil lubos Kong kinamumuhian si Satanas; Hindi Ko ito kailanman pagpapalain, kundi parurusahan lamang. Sa wakas lamang, matapos Kong lubusang malupig si Satanas, at matapos maging Akin ang ganap na tagumpay, ibibigay Ko sa lahat ng tapat na taga-serbisyo ang mga pagpapalang materyal, at hahayaang masiyahan sila sa pagpupuri sa Akin, dahil naisakatuparan na noon ang lahat ng Aking gawain.

Tunay ngang hindi na nalalayo ang Aking panahon. Nalalapit na ang pagtatapos ng anim na libong taong plano ng pamamahala sa mismong harap mo. (Tunay ngang nasa mismong harap mo ito. Hindi ito isang patiunang pagsasalarawan; makikita mo ito mula sa lagay ng Aking kalooban.) Agad-agad Kong iuuwi ang Aking mga panganay na anak

sa Sion. Sasabihin ng ilang tao, “Yamang para lang ito sa mga panganay na anak, bakit umabot ito ng anim na libong taon? At bakit napakaraming tao ang nilikha?” Nasabi Ko na noon na lahat ng Akin ay mahalaga. Paanong hindi magiging higit pa ang Aking mga panganay ng anak? Pakikilusin Ko ang lahat para paglingkuran Ako, at higit pa, ibubunyag Ko ang Aking kapangyarihan, nang makita ng bawat tao na sa buong mundo ng sansinukob, wala ni isang bagay ang wala sa ating mga kamay, wala ni isang tao ang hindi naglilingkod sa atin, at wala ni isang bagay ang hindi para sa ating pagsasatupad. Maisasakatuparan Ko ang lahat. Walang konsepto ng panahon para sa Akin; bagaman hinahangad Ko na maging ganap ang plano at ang Aking gawain sa loob ng anim na libong taon, lahat ay pinakawalan at malaya sa Akin. Kahit na wala pa itong anim na libong taon, basta’t sa pananaw Ko ay dumating na ang panahon, sino ang mangangahas na bumigkas ng salita ng pagsalungat? Sino ang mangangahas na tumindig at humatol kung kailan niya gusto? Ang Aking gawain, ginagawa Ko Mismo; ang Aking panahon, isinasaayos Ko Mismo. Walang tao, walang usapin, at walang bagay ang nangangahas na kumilos nang may pagmamatigas; pasusunurin Ko ang lahat sa Akin. Walang tama o mali para sa Akin; kapag sinabi Kong tama ang isang bagay, tiyak na tama iyon; kapag sinabi Kong mali ang isang bagay, ganoon din. Hindi kayo dapat palaging gumagamit ng mga pantaong kuru-kuro para sukatin Ako! Sinasabi Kong pinagpala kami ng Aking mga panganay na anak—sino ang nangangahas na tumangging magpasakop? Agad kitang wawasakin! Tumatanggi kang magpasakop! Mapanghimagsik ka! Talagang wala Akong awa para sa buong sangkatauhan, at ang pagkamuhi Ko ay umabot na sa hangganan; hindi na talaga Ako makapagpaparaya pa. Kung Ako ang tatanungin, dapat kaagad nang gunawin ang buong mundo ng sansinukob—sa gayon lang matutupad ang Aking dakilang gawain, sa gayon lang magiging ganap ang Aking plano ng pamamahala, at sa gayon lang mapapawi ang pagkamuhi sa Aking puso. Ngayon ang nais Ko lamang ay ang mapatotohanan ang Aking mga panganay na anak. Isasantabi Ko lahat ng iba pang mga bagay. Uunahin Ko muna ang mga mahahalagang bagay, pagkatapos ay gagawin ko ang mga pumapangalawang bagay. Ito ang mga hakbang sa Aking gawain, na walang sinuman ang dapat lumabag; lahat ay dapat gawin kung ano ang sinasabi Ko, kung hindi ay patatamaan sila ng Aking sumpa.

Ngayong naisakatuparan na ang Aking gawain, makapagpapahinga na Ako. Mula ngayon, hindi na Ako gagawa, ngunit aatasan Ko ang Aking mga panganay na anak na gawin ang lahat ng nais Kong magawa, dahil Ako ang Aking mga panganay na anak, ang Aking mga panganay na anak ang Aking persona; hindi ito mali kahit katiting, huwag gumamit ng mga kuru-kuro sa paghatol. Ang makita ang mga panganay na anak ay ang makita Ako, kami ay iisa at pareho. Sinumang naghihiwalay sa amin kung gayon ay tinututulan Ako, at hindi Ko sila patatawarin. Sa Aking mga salita, mayroong mga hiwagang di-mauunawaan ng tao. Tanging iyong mga minamahal Ko ang makapagpapahayag sa Akin, at wala nang iba; pinagpasyahan Ko ito, at walang makababago nito. Mayaman, malawak, at di-maarok ang Aking mga salita. Dapat

gumugol ang lahat ng matinding pagsisikap sa Aking mga salita, sikaping magnilay-nilay sa mga ito nang madalas, at huwag magtanggap ni isang salita o pangungusap, kung hindi, gagawa ang mga tao na nakabatay sa kamalian, at mali ang magiging pagkaunawa sa Aking mga salita. Nasabi Ko nang hindi pinalalagpas ng Aking disposisyon ang pagkakasala, nangangahulugang hindi maaaring salungatin ang Aking napatotohanang mga panganay na anak. Kinakatawan ng Aking mga panganay na anak ang bawat aspeto ng Aking disposisyon, kaya kapag pinatutunog ang banal na tambuli, iyon ay kapag nag-uumpisa Akong magpatotoo sa mga panganay na anak; kaya magmula ngayon, ang banal na tambuli ang magiging banayad na paghahayag ng Aking disposisyon sa mga tao. Sa madaling salita, kapag naibubunyag ang mga panganay na anak, iyon ang panahon kung kailan nabubunyag din ang Aking disposisyon. Sino ang makaaarok nito? Sinasabi Ko na kahit sa mga hiwagang naibunyag Ko na, mayroon pa ring mga hiwaga na hindi malulutas ng mga tao. Sino sa inyo ang talagang nagsikap na maunawaan ang totoong kahulugan ng mga salitang ito? Ang Akin bang disposisyon ay ang personalidad ng isang tao, gaya ng inyong inakala? Ang isipin ito ay isang napakalaking pagkakamali! Ngayon sinumang nakakikita sa Aking mga panganay na anak ay ang layon ng pagpapala at nakikita nila ang Aking disposisyon, lubos na totoo ito. Kinakatawan ng Aking mga panganay na anak ang kabuuan Ko; walang kaduda-dudang sila ang Aking persona. Walang sinumang maaaring magkaroon ng pagdududa tungkol dito! Ang mga masunurin ay pinagpapala ng biyaya, at sinusumpa ang mga mapanghimagsik. Ito ang Aking iniuutos, at walang tao na makapagbabago nito!

Kabanata 120

Sion! Magbunyi! Sion! Umawit nang malakas! Nakabalik na Akong nagwagi, nakabalik na Akong matagumpay! Lahat ng lahi! Magmadaling pumila nang maayos! Lahat ng nilikha! Magsitigil na kayo, sapagkat kaharap ng Aking persona ang buong sansinukob at nagpapakita sa Silangan ng mundo! Sino ang nangangahas na hindi lumuhod sa pagsamba? Sino ang nangangahas na hindi Ako tawaging totoong Diyos? Sino ang nangangahas na hindi tumingala sa paggalang? Sino ang nangangahas na hindi magbigay ng papuri? Sino ang nangangahas na hindi sumigaw ng pagbubunyi? Maririnig ng bayan Ko ang Aking tinig, at patuloy na mabubuhay ang Aking mga anak sa Aking kaharian! Ang mga bundok, ilog, at lahat ng bagay ay magbubunyi nang walang humpay, at magtatatalon nang walang tigil. Sa panahong ito, walang mangangahas na umurong, at walang mangangahas na tumindig sa paglaban. Ito ang Aking kamanghamanghang gawa, at higit pa rito, ito ang Aking dakilang kapangyarihan! Gagawin Ko ang lahat na igalang Ako sa kanilang mga puso at, higit pa nga rito, gagawin Kong purihin Ako ng lahat! Ito ang pinakalayunin ng Aking plano ng pamamahala sa loob ng anim na

libong taon, at ito ang naitalaga Ko. Wala ni isang tao ni isang bagay ni isang pangyayari ang nangangahas na tumindig para labanan o tutulan Ako. Lahat ng Aking bayan ay magtutungo sa Aking bundok (sa ibang salita, ang mundong lilikhain Ko kalaunan) at magpapasakop sila sa Aking harapan, dahil nagtataglay Ako ng kamahalan at paghatol, at mayroon Akong awtoridad. (Tumutukoy ito sa kapag Ako ay nasa katawan. Mayroon din Akong awtoridad sa katawang-tao, ngunit dahil ang mga limitasyon ng panahon at kalawakan ay hindi malalagpasan sa katawang-tao, hindi masasabi na nakamtan Ko na ang ganap na kaluwalhatian. Bagama't nakakamit Ko ang mga panganay na anak sa katawang-tao, hindi pa rin masasabi na nakamtan Ko na ang kaluwalhatian. Masasabi lamang na mayroon Akong awtoridad—na nagkamit na Ako ng kaluwalhatian—kapag nagbalik na Ako sa Sion at binago ang Aking anyo.) Walang magiging mahirap para sa Akin. Sa pamamagitan ng mga salita mula sa Aking bibig, ang lahat ay mawawasak, at sa pamamagitan ng mga salita mula sa Aking bibig, ang lahat ay iiral at magiging ganap. Gayon ang Aking dakilang kapangyarihan at gayon ang Aking awtoridad. Dahil puspos Ako ng kapangyarihan at puno ng awtoridad, walang sinumang tao ang makapangangahas na hadlangan Ako. Nagwagi na Ako sa lahat, at nagtagumpay na Ako sa lahat ng anak ng paghihimagsik. Dinadala Ko kasama Ko ang Aking mga panganay na anak para bumalik sa Sion. Hindi Ako nag-iisa sa pagbalik sa Sion. Kaya't makikita ng lahat ang Aking mga panganay na anak at sa gayo'y magkakaroon sila ng pusong may paggalang sa Akin. Ito ang Aking layunin sa pagtatamo ng mga panganay na anak, at ito na ang plano Ko mula pa nang likhain ang mundo.

Kapag handa na ang lahat, iyan ang araw na babalik Ako sa Sion, at gugunitain ng lahat ng lahi ang araw na ito. Kapag bumalik na Ako sa Sion, matatahimik ang lahat ng bagay sa lupa, at mapapayapa ang lahat ng bagay sa ibabaw ng lupa. Kapag nagbalik na Ako sa Sion, magsisimulang muli ang lahat sa orihinal nitong anyo. Pagkatapos, sisimulan Ko ang Aking gawain sa Sion. Parurusahan Ko ang masama at gagantimpalaan ang mabuti, at ipatutupad Ko ang Aking katuwiran, at isasagawa Ko ang Aking paghatol. Gagamitin Ko ang Aking mga salita para isakatuparan ang lahat, na ipinaparanas sa lahat ng tao at lahat ng bagay ang Aking kamay na kumakastigo, at ipapakita Ko sa lahat ng tao ang Aking buong kaluwalhatian, ang Aking buong karunungan, at ang Aking buong kasaganaan. Walang taong mangangahas na tumindig para humatol, sapagkat sa Akin, lahat ng bagay ay isinasakatuparan; at dito, hayaang makita ng lahat ng tao ang Aking buong dangal, at matikman ang Aking buong tagumpay, sapagkat sa Akin lahat ng bagay ay namamalas. Mula rito, maaaring makita ang Aking dakilang kapangyarihan at Aking awtoridad. Walang mangangahas na magkasala sa Akin, at walang mangangahas na hadlangan Ako. Lahat ay nahahayag sa Akin. Sino ang mangangahas na magtago ng anuman? Tiyak na hindi Ko pakikitaan ng awa ang taong iyon! Kailangang tumanggap ng Aking matinding parusa ang mga walang hiyang iyon, at kailangang mawala sa Aking paningin ang hamak na mga taong iyon. Pamumunuan Ko sila gamit ang tungkod na bakal at gagamitin Ko ang Aking

awtoridad para hatulan sila, na wala ni katiting na awa at hindi man lamang isinasaalang-alang ang kanilang damdamin, sapagkat Ako Mismo ang Diyos na walang emosyon at maringal at walang maaaring magkasala sa Akin. Dapat itong maunawaan at makita ng lahat, kung hindi ay pababagsakin at lilipulin Ko sila “nang walang dahilan o katwiran,” sapagkat pababagsakin ng Aking tungkod ang lahat ng nagkakasala sa Akin. Wala Akong pakialam kung alam man nila ang Aking mga atas administratibo; wala iyang halaga sa Akin, dahil hindi tinatanggap ng Aking persona ang pagkakasala ng sinuman. Ito ang dahilan kaya sinasabi na Ako ay isang leon; pinababagsak Ko ang sinumang Aking hipuin. Kaya nga sinasabi na kalapastanganan na ngayong sabihin na Ako ang Diyos na may habag at kagandahang-loob. Sa diwa, hindi Ako isang cordero, kundi isang leon. Walang nangangahas na magkasala sa Akin; sinumang magkasala sa Akin, parurusahan Ko ng kamatayan, agad-agad at nang walang awa! Sapat na ito upang ipakita ang Aking disposisyon. Kaya’t sa huling kapanahunan ay isang malaking grupo ng mga tao ang uurong, at mahihirapan ang mga tao na tiisin ito, ngunit para sa Akin, maginhawa Ako at masaya, at ni hindi Ko man lang ito itinuturing na isang mahirap na gawain. Ganyan ang Aking disposisyon.

Umaasa Ako na lahat ng tao ay magkakaroon ng mapagpasakop na puso para sundin ang lahat ng nagmumula sa Akin; kung magkagayon, tiyak na labis Kong pagpapalain ang sangkatauhan, sapagkat, tulad ng sinabi Ko na, yaong mga kaayon Ko ay pananatilihin, samantalang yaong mga kumakalaban sa Akin ay susumpain. Naitalaga Ko na ito, at walang makakapagpabago nito. Ang mga bagay na napagpasyahan Ko na ay naisakatuparan Ko na, at sinumang sumalungat sa mga ito ay kakastiguhin kaagad. Nasa Akin ang lahat ng kailangan Ko sa Sion at lahat ng nais Ko. Walang pahiwatig ng mundo sa Sion, at kumpara sa mundo, ito ay isang palasyo, mayaman at marangya; ngunit wala pang nakapasok dito, kaya nga, sa imahinasyon ng tao, ni hindi man lang ito umiiral. Hindi tulad ng buhay sa daigdig ang buhay sa Sion; sa lupa, ang buhay ay pagkain, pagdadamit, paglalaro, at paghahanap ng kasiyahan, samantalang ibang-iba sa Sion. Buhay ito ng Ama at ng mga anak na puno ng kagalakan, na laging pumupuspos sa buong kalawakan ng sansinukob, ngunit palagi ring nagsasama-sama nang sabay. Ngayong umabot na ang mga bagay sa ganito, sasabihin Ko sa inyo kung saan naroon ang Sion. Ang Sion ay kung saan Ako naninirahan; naroon ang Aking persona. Kung gayon, kailangang maging isang banal na dako ang Sion, at kailangang malayo ito sa daigdig. Kaya nga sinasabi Ko na kinamumuhian Ko ang mga tao, bagay, at usapin sa daigdig, at kinasusuklaman Ko ang pagkain, pag-inom, paglalaro at paghahanap ng kasiyahan ng laman, dahil gaano man nakalulugod ang mga makamundong kasiyahan, hindi maikukumpara ang mga ito sa buhay sa Sion; ito ang pagkakaiba sa pagitan ng langit at lupa, at walang paraan para paghambingin ang dalawa. Maraming palaisipan sa lupa na hindi malutas ng tao dahil hindi pa narinig ng mga tao kailanman ang tungkol sa Sion. Nasaan ba talaga ang Sion? Nasa ibang planeta ba iyon, tulad ng iniisip ng mga tao? Hindi! Guni-guni lang iyan ng isip ng tao. Ang ikatlong langit, na Aking

nabanggit, ay itinuturing ng tao na isang indikasyon lamang, ngunit ang nauunawaan ng mga tao sa kanilang mga kuru-kuro ay kabaligtaran mismo ng Aking kahulugan. Hindi huwad ni katiting ang ikatlong langit na sinasabi Ko rito. Kaya nga sinasabi Ko na hindi Ko sisirain ang araw, ang buwan, ang mga bituin, at ang mga bagay sa kalangitan, at hindi Ko aalisin ang langit at lupa. Mawawasak Ko ba ang Aking dakong tinatahanan? Maaalis Ko ba ang Bundok ng Sion? Hindi ba katawa-tawa ito? Ang ikatlong langit ang lugar na Aking tinitirhan; ito ang Bundok ng Sion, at tiyak na tiyak ito. (Bakit Ko sinasabi na tiyak na tiyak ito? Dahil ang sinasabi Ko ngayon ay ni hindi maaaring maunawaan paanuman ng tao; mapapakinggan lang niya ito. Hindi ito masasakop ng saklaw ng pag-iisip ng tao, kaya't wala na Akong sasabihin pa tungkol sa Sion, upang maiwasan na ituring ng mga tao ito bilang isang kathang-isip lamang.)

Kapag nakabalik na Ako sa Sion, yaong mga nasa lupa ay patuloy Akong pupurihin tulad noon. Maghihintay tulad ng dati ang mga tagapagsilbi na maglingkod sa Akin, ngunit natapos na ang kanilang tungkulin. Ang pinakamainam na magagawa nila ay ang magmuni-muni tungkol sa kalagayan ng Aking presensya sa lupa. Sa panahong iyon, sisimulan Kong magpababa ng malaking kapahamakan sa mga magdurusa ng kalamidad; subalit naniniwala ang lahat na Ako ay isang matuwid na Diyos. Tiyak na hindi Ko parurusahan yaong matatapat na tagapagsilbi, kundi hahayaan lang silang tumanggap ng Aking biyaya. Sapagkat nasabi Ko nang parurusahan Ko ang lahat ng masasamang tao, at yaong mga gumagawa ng mabuti ay tatanggap ng materyal na kasiyahan ipinagkakaloob Ko, na nagpapamalas na Ako Mismo ang Diyos ng katuwiran at katapatan. Sa Aking pagbalik sa Sion, sisimulan Kong bumaling sa bawat bansa sa mundo; ililigtas Ko ang mga Israelita at kakastiguhin ang mga Egipcio. Ito ang susunod na hakbang ng Aking gawain. Maiiba ang Aking gawain sa panahong iyon kaysa ngayon: Hindi iyon magiging gawain sa katawang-tao, kundi ganap nitong hihigitan ang katawang-tao—at kung ano ang nasabi Ko, iyon ang mangyayari; at kung ano ang naiutos Ko, iyon ang magaganap. Anuman ang sinabi, basta't nagmula ito sa Aking bibig, talagang matutupad iyon kaagad; ito ang tunay na kahulugan ng salitang Aking sinasabi at ang katuparan nito ay kasabay na nagaganap, sapagkat ang Aking salita mismo ay awtoridad. Sinasabi Ko ngayon ang ilang pangkalahatang bagay, para bigyan ang mga tao sa lupa ng ilang pahiwatig, upang hindi sila mangapa sa dilim. Pagdating ng panahong iyon, isasaayos Ko ang lahat, at walang dapat na maging matigas ang ulo, upang maiwasang pabagsakin sila ng Aking kamay. Sa imahinasyon ng mga tao, malabo ang lahat ng sinasabi Ko, dahil, matapos ang lahat, limitado ang paraan ng pag-iisip ng tao, at ang kaisipan ng tao ay malayo sa Aking nasabi na, kasinglayo ng langit sa lupa. Kaya't walang nakakaunawa rito. Ang tanging magagawa ay ang umayon sa Aking sinasabi; ito ang hindi maiiwasang takbo ng mga pangyayari. Nasabi Ko na: “Sa mga huling araw, lalabas ang halimaw para usigin ang Aking bayan at yaong mga takot mamatay ay mamarkahan ng tatak para tangayin ng halimaw. Yaong mga nakakita na sa Akin ay papatayin ng halimaw.” Walang dudang ang “halimaw” sa mga salitang ito

ay tumutukoy kay Satanas, ang manlilinlang ng sangkatauhan. Ibig sabihin niyan, pagbalik Ko sa Sion, aatras ang isang malaking grupo ng mga tagapagsilbi; ibig sabihin, tatangayin sila ng halimaw. Mapupunta ang lahat ng nilalang na ito sa walang-hanggang kalaliman para tanggapin ang Aking walang-hanggang pagkastigo. “Yaong mga nakakita na sa Akin” ay tumutukoy sa matatapat na tagapagsilbi na nalupig Ko na. Ang “nakakita na sa Akin” ay tumutukoy sa pagkalupig Ko sa kanila. Ang “papatayin ng halimaw” ay tumutukoy kay Satanas, na Aking nalupig na, na hindi nangangahas na tumindig para labanan Ako. Sa ibang salita, hindi mangangahas si Satanas na magsagawa ng anumang gawain sa mga tagapagsilbing ito, kaya’t naligtas na ang mga kaluluwa ng mga taong ito; sinasabi ito dahil sa kanilang kakayahang maging matapat sa Akin, at nangangahulugan ito na matatanggap ng matatapat na tagapagsilbing iyon ang Aking biyaya at Aking pagpapala. Kaya’t sinasabi Ko na ang kanilang mga kaluluwa ay naligtas na. (Hindi ito tumutukoy sa pag-akyat sa ikatlong langit, na kuru-kuro lamang ng tao.) Ngunit yaong masasamang alipin ay muling igagapos ni Satanas at pagkatapos ay itatapon sa walang-hanggang kalaliman. Ito ang Aking parusa sa kanila; ito ang ganti sa kanila, at ito ang sukli sa kanilang mga kasalanan.

Habang bumibilis ang Aking gawain, unti-unting nababawasan ang panahon Ko sa lupa. Papalapit na ang araw ng Aking pagbalik sa Sion. Kapag natapos na ang Aking gawain sa lupa, panahon na para bumalik Ako sa Sion. Hindi Ko nais ni bahagya na mabuhay sa daigdig ngunit para sa kapakanan ng Aking pamamahala, para sa kapakanan ng Aking plano, natiis Ko ang lahat ng pagdurusa. Ngayon, dumating na ang panahon. Bibilisan Ko ang Aking kilos, at walang sinumang makakaagapay sa Akin. Nauunawaan man ito ng tao o hindi, sasabihin Ko sa inyo nang detalyado ang lahat ng hindi nauunawaan ng tao, subalit kailangan ninyong malaman sa lupa. Kaya nga, sinasabi Ko na Ako ang Diyos Mismo, na napangingibabawan ang panahon at kalawakan. Kung hindi dahil sa layunin Kong matamo ang mga panganay na anak at sa gayo’y magapi si Satanas, nakabalik na sana Ako sa Sion; kung hindi, hindi Ko na sana nilikha ang sangkatauhan. Kinamumuhian Ko ang mundo ng tao, at kinasusuklaman Ko ang mga taong malayo sa Akin, at iniisip Ko pa ngang lipulin ang buong sangkatauhan nang minsanan. Gayunpaman, may kaayusan at kayarian ang Aking gawain, may balanse at pagiging katamtaman, at hindi ito padalus-dalos. Lahat ng ginagawa Ko ay para talunin si Satanas, at bukod pa riyan ay para makasama Ko ang Aking mga panganay na anak sa lalong madaling panahon. Ito ang Aking layunin.

IKALAWANG BAHAGI
MGA SALITA NG DIYOS
SA BUONG SANSINUKOB

(PEBRERO 20, 1992 HANGGANG HUNYO 1, 1992)

Panimula

Ang “Mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob” ang ikalawang bahagi ng mga pagbigkas na ipinahayag ni Cristo sa identidad ng Diyos Mismo. Saklaw ng mga ito ang panahon mula Pebrero 20, 1992 hanggang Hunyo 1, 1992, at may kabuuang apatnapu’t pitong kabanata. Ang paraan, nilalaman, at pananaw ng mga salita ng Diyos sa mga pagbigkas na ito ay lubos na hindi kagaya ng “Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula.” Inilalantad at ginagabayan ng “Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula” ang panlabas na pag-uugali ng mga tao at ang kanilang simpleng espirituwal na buhay. Sa huli, nagtatapos ito sa “ang pagsubok ng mga tagapagsilbi.” Gayunman, nagsisimula ang “Mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob,” sa konklusyon ng identidad ng mga tao bilang mga tagapagsilbi at sa pagsisimula ng kanilang buhay bilang mga tao ng Diyos. Ginagabayan nito ang mga tao sa ikalawang tugatog ng gawain ng Diyos, kung kailan sumasailalim sila sa pagsubok ng lawa ng apoy, sa pagsubok ng kamatayan, at sa panahon ng pagmamahal sa Diyos. Ang ilang hakbang na ito ay lubusang naglalantad sa kapangitan ng tao sa harap ng Diyos gayundin sa kanilang tunay na mukha. Sa huli, magtatapos ang Diyos sa isang kabanata kung saan hihiwalay Siya sa tao, sa gayon ay matatapos ang lahat ng hakbang ng pagkakatawang-taong ito ng paglupig ng Diyos sa unang grupo ng mga tao.

Sa “Mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob,” ipinapahayag ng Diyos ang Kanyang mga salita mula sa pananaw ng Espiritu. Ang paraan ng Kanyang pagsasalita ay hindi kayang matamo ng nilikhang sangkatauhan. Bukod pa ryan, ang bokabularyo at estilo ng Kanyang mga salita ay maganda at nakakaantig, at walang anyo ng panitikan ng tao ang maaaring humalili sa mga ito. Ang mga salita kung saan inilalantad Niya ang tao ay tumpak, hindi mapapasinungalingan ang mga ito ng anumang pilosopiya, at hinihikayat ng mga ito ang lahat ng tao na magpasakop. Gaya ng matalas na tabak, ang mga salitang ginagamit ng Diyos sa paghatol sa tao ay tuwirang humihiwa sa kailaliman ng kaluluwa ng mga tao, napakalalim para maiwan silang walang lugar na mapagtataguan. Ang mga salitang ginagamit Niya para aliwin ang mga tao ay may dalang awa at mapagmahal na kabaitan, magiliw ang mga ito na tulad ng yakap ng isang mapagmahal na ina, at ipinararamdam ng mga ito sa mga tao na ligtas sila nang higit kailanman. Ang kaisa-isang pinakadakilang katangian ng mga pagbigkas na ito ay na, sa yugtong ito, hindi nangungusap ang Diyos gamit ang identidad ni Jehova o ni Jesucristo, ni hindi ng identidad ni Cristo ng mga huling araw. Sa halip, gamit ang Kanyang likas na identidad—ang Lumikha—Siya ay nagsasalita at nagtuturo sa lahat ng sumusunod sa Kanya at lahat ng susunod pa sa Kanya. Makatarungang sabihin na ito ang unang pagkakataon mula noong paglikha ng mundo na nangusap ang Diyos sa buong sangkatauhan. Hindi kailanman nangusap ang Diyos sa nilikhang sangkatauhan nang ganito kadetalyado at napakaayos. Siyempre pa, ito rin ang unang pagkakataon na marami Siyang sinabi, at napakatagal, sa buong sangkatauhan. Wala pang nakagawa

nito kailanman. Bukod pa ryan, ang mga pagbigkas na ito ang bumubuo sa unang tekstong ipinahayag ng Diyos sa sangkatauhan kung saan inilalantad Niya ang mga tao, ginagabayan sila, hinahatulan sila, at nagsasalita Siya nang tapatan sa kanila at ito rin ang unang mga pagbigkas kung saan ipinaalam ng Diyos sa mga tao ang Kanyang mga yapak, ang lugar na Kanyang pinaghihimlayan, ang disposisyon ng Diyos, kung ano ang mayroon at kung ano ang Diyos, ang mga kaisipan ng Diyos, at ang Kanyang pag-aalala sa sangkatauhan. Masasabi na ito ang mga unang pagbigkas na sinambit ng Diyos sa sangkatauhan mula sa ikatlong langit simula noong paglikha, at ang unang pagkakataon na nagamit ng Diyos ang Kanyang likas na pagkakakilanlan upang magpakita at ipahayag ang tinig ng Kanyang puso sa sangkatauhan sa gitna ng mga salita.

Ang mga pagbigkas na ito ay malalim at hindi maarok; hindi madaling maunawaan ang mga ito, ni hindi rin posibleng maintindihan ang mga pinagmulan at mga layon ng mga salita ng Diyos. Sa gayon, nagdagdag ng paliwanag si Cristo pagkatapos ng bawat kabanata, gamit ang wikang madaling maintindihan ng tao upang maghatid ng kalinawan sa mas malawak na bahagi ng mga pagbigkas. Mas pinadadali nito, lakip ang mga pagbigkas mismo, na maunawaan at malaman ng lahat ang mga salita ng Diyos. Ginawa na naming suplemento ang mga salitang ito sa “Mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob.” Sa mga iyon, nagbibigay ng mga paliwanag si Cristo gamit ang pananalitang pinakamadaling maunawaan. Ang kumbinasyon ng dalawa ang perpektong pagsasanib ng pagka-Diyos at ng Diyos sa pagkatao. Bagama’t nagsasalita ang Diyos sa pananaw ng ikatlong persona sa suplemento, hindi maikakaila ng sinuman na ang mga salitang ito ay personal na binigkas ng Diyos, sapagkat walang taong maaaring magpaliwanag sa mga salita ng Diyos nang malinaw; ang Diyos lamang Mismo ang maaaring magpaliwanag sa mga pinagmulan at layon ng Kanyang mga pagbigkas. Kaya, bagama’t nagsasalita ang Diyos gamit ang maraming kaparaanan, ang mga pakay ng Kanyang gawain ay hindi nagbabago kailanman, ni hindi nagbabago ang mithiin ng Kanyang plano.

Bagama’t ang “Mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob” ay nagwawakas sa isang kabanata kung saan humihiwalay ang Diyos sa tao, sa katunayan, ito ang panahon na opisyal na ibinunyag ang gawain ng paglupig at pagliligtas ng Diyos sa tao, at ang Kanyang gawaing gawing perpekto ang mga tao. Kaya, mas angkop na ituring natin ang “Mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob” bilang propesiya ng gawain ng Diyos sa mga huling araw. Sapagkat pagkatapos lamang nito opisyal na nagsimulang gumawa at magsalita ang Anak ng tao na nagkatawang-tao gamit ang identidad ni Cristo, na naglalakad sa mga iglesia at nagbibigay ng buhay, at nagdidilig at umaakay sa lahat ng Kanyang tao, na siyang nagpasimula sa maraming pagbigkas sa “Ang mga Salita ni Cristo Nang Siya’y Naglakad sa mga Iglesia.”

Kabanata 1

Iyon bang mga nakasaksi sa Aking mga salita ay talagang tinatanggap ang mga ito? Talaga bang kilala ninyo Ako? Tunay bang natutunan na ninyo ang pagsunod? Taos-puso ba ninyong ginugugol ang inyong mga sarili para sa Akin? Talaga bang nagpatotoo na kayo sa Akin nang matibay at di-sumusuko sa harap ng malaking pulang dragon? Ang inyo bang katapatan ay tunay na nanghihiya sa malaking pulang dragon? Makakamit Ko lamang ang Aking layunin na pagdadalisay sa iglesia at pagpili sa mga totoong nagmamahal sa Akin sa pamamagitan ng pagsubok ng Aking mga salita. Kung hindi Ako gumawa sa ganitong paraan, may makakakilala ba sa Akin? Sinong makakakilala sa Aking pagiging maharlika, sa Aking poot, at sa Aking karunungan sa pamamagitan ng Aking mga salita? Dahil nasimulan Ko na ang Aking gawain, tiyak na tatapusin Ko ito, subalit Ako pa rin ang sumusukat sa mga puso ng tao hanggang sa kalaliman nito. Ang totoo, walang sinuman sa mga tao ang lubos na nakakakilala sa Akin, kaya ginagabayan Ko ang lahat ng tao sa pamamagitan ng mga salita, upang pangunahan sila tungo sa isang bagong kapanahunan. Sa katapusan, gagampanan Ko ang lahat ng Aking gawain sa pamamagitan ng mga salita, na magsasanhi na bumalik sa pagpapasakop sa Aking kaharian yaong mga totoong nagmamahal sa Akin, upang mamuhay sa harap ng Aking trono. Ang kalagayan ngayon ay hindi tulad noong dati, at ang Aking gawain ay nakapasok na sa isang bagong panimula. Yamang ganoon nga, magkakaroon ng isang bagong pamamaraan: Lahat ng nagbabasa ng Aking salita at tinatanggap ito bilang kanilang sariling buhay ay mga tao sa Aking kaharian, at dahil sila ay nasa Aking kaharian, sila ay bayan ng Aking kaharian. Sapagka't tinatanggap nila ang gabay ng Aking mga salita, kahit na sila ay tinataguriang Aking bayan, ang titulong ito ay hindi pumapangalawa sa anumang paraan sa pagkatawag bilang Aking “mga anak.” Pagkatapos na gawing bayan ng Diyos, lahat ay dapat na maglingkod na may lubos na malasakit sa Aking kaharian at tuparin ang kanilang mga tungkulin sa Aking kaharian. Sinumang sumusuway sa Aking mga atas administratibo ay dapat tumanggap ng Aking kaparusahan. Ito ang Aking payo sa lahat.

Isang bagong pamamaraan ang napasok na ngayon, at hindi na kailangang banggiting muli ang nakaraan. Gayunpaman, gaya ng nasabi Ko na: naninindigan Ako sa Aking salita, at tinatapos Ko palagi ang Aking pinaninindigan, at hindi ito mababago ng sinuman—ito ay ganap. Kung ito man ang nasabi Ko na sa nakaraan o kung ano ang sasabihin Ko sa hinaharap, lahat ay pangyayarihin Ko, paisa-isa, at pahihintulutan ang buong sangkatauhan na makita ang mga ito na magkatotoo. Ito ang prinsipyo sa likod ng Aking mga salita at gawain. Yamang ang pagtatatag ng iglesia ay nakamit na, hindi na ngayon kapanahunan ng pagtatayo ng iglesia, kundi ang kapanahunan kung kailan ang kaharian ay matagumpay na naitatayo. Gayunpaman, yamang kayo ay nasa lupa pa rin, ang mga pagtitipon ng mga tao sa lupa ay kikilalanin pa rin bilang “ang iglesia.” Magkagayon man, ang diwa ng iglesia ay hindi na gaya ng dati—ito ay isang iglesia na

matagumpay nang naitayo. Samakatuwid, Aking sinasabi na ang Aking kaharian ay bumaba na sa lupa. Walang maaaring makatarok sa ugat ng Aking mga salita, ni mauunawaan ang Aking layunin sa pagkabigkas sa mga yaon. Sa paraan ng Aking pagsasalita ngayon, makakaranas kayo ng biglang kabatiran. Maaaring may ilan na biglang bubulalas sa malakas at mapait na pag-iyak; ang iba ay maaaring makadama ng pagkatakot na ito ang paraan ng Aking pagsasalita; ang iba ay maaaring mangunyapit sa kanilang makalumang pananaw habang minamasdan ang bawat kilos Ko; ang iba ay maaaring magsisi sa kanilang mga hinaing o paglaban sa Akin noon; ang iba ay maaaring magbunyi nang palihim, sapagka't sila ay hindi kailanman nalihis mula sa Aking pangalan, at ngayon ay napanauli sila. Maaaring ang ilang tao ay "pinahirapan" noon ng Aking mga salita hanggang sa sila ay nag-aagaw-buhay na, pinanghinaan ng loob at malungkot, na wala nang pagnanais na sundin ang mga salitang Aking sinasabi, kahit na binago Ko na ang Aking paraan ng pagpapahayag; o iba pa na sa ilang panahon ay matapat na naglingkod sa Akin, na hindi kailanman dumaing, hindi kailanman nag-alinlangan, ay ngayon ay mapalad na makatamo ng paglaya at makaramdam ng dimabigkas na pagpapasalamat sa Akin sa kanilang mga puso. Bawat tao ay nasa mga kalagayang nabanggit sa itaas, sa iba't ibang antas. Subalit yamang ang nakaraan ay nakaraan na, at ang kasalukuyan ay narito na, hindi na kailangan pang balikan ang nakaraan na may panghihinayang, o mag-alala tungkol sa hinaharap. Bilang mga tao, sinumang sumasalungat sa realidad at hindi gumagawa ng mga bagay-bagay ayon sa Aking paggabay ay hindi makararating sa isang mabuting wakas, kundi magdadala lamang ng kaguluhan sa kanilang mga sarili. Sa lahat ng bagay na nagaganap sa sansinukob, walang anuman na hindi Ako ang may huling kapasyahan. Mayroon bang anumang wala sa Aking mga kamay? Anumang Aking sinasabi ay nangyayari, at sino sa mga tao ang makapagpapabago sa Aking isipan? Maaari kayang ito ang tipan na ginawa Ko sa lupa? Walang makahahadlang sa pagsulong ng Aking plano; Ako ay palaging naroroon sa Aking gawain gayundin sa plano ng Aking pamamahala. Sino sa mga tao ang maaaring makialam? Hindi ba't Ako ang personal na gumawa ng mga pagsasaayos na ito? Ang pagpasok sa kalagayang ito ngayon ay hindi pa rin lumilihis mula sa Aking plano o kung ano ang Aking patiunang nakita; ito ay itinakda Ko nang lahat noon pa. Sino sa inyo ang maaaring makatarok sa hakbang na ito ng Aking plano? Ang Aking bayan ay may katiyakang makikinig sa Aking tinig, at ang bawat isa sa mga yaon na totoong nagmamahal sa Akin ay tiyak na magbabalik sa harapan ng Aking trono.

Pebrero 20, 1992

Kabanata 2

Kasunod ng pagpasok sa bagong pamamaraan, magkakaroon ng mga bagong hakbang sa Aking gawain. Tulad sa kaharian, gagawin Ko nang tuwiran ang mga bagay-bagay sa pamamagitan ng pagka-Diyos, na nangunguna sa bawat hakbang ng daan, nang eksakto hanggang sa pinakamaliit na detalye, at ganap na walang anumang halong mga layon ng tao. Ang sumusunod ay isang balangkas ng mga paraan ng aktwal na pagsasagawa: Dahil nakamit nila ang titulong “mga tao” sa pamamagitan ng paghihirap at pagpipino, at dahil sila ang mga tao ng Aking kaharian, dapat Ko silang ipasailalim sa mahihigpit na kundisyon na ang mga pamantayan ay mas mataas kaysa sa mga pamamaraan ng Aking gawain sa naunang mga henerasyon. Hindi lamang ang realidad ng mga salita; ang mas mahalaga, ang realidad ng pagsasagawa. Dapat munang makamtan ang mga ito. Sa lahat ng salita at gawa, dapat nilang tugunan ang mga pamantayang kinakailangan sa mga tao ng kaharian, at sinumang magkasala ay dapat alisin kaagad, kung hindi ay maghahatid ng kahihyan ang mga ito sa Aking pangalan. Gayunman, hindi kasama rito yaong mga mangmang na hindi makakita nang malinaw o makaunawa. Sa pagtatayo ng Aking kaharian, magtuon sa pagkain at pag-inom ng Aking mga salita, pagkilala sa Aking karunungan, at paghahanap ng patunay sa pamamagitan ng Aking gawain. Kung magbibigay-pansin ang isang tao sa mga aklat kaysa roon sa mga naglalaman ng Aking mga salita, siguradong ayaw Ko sa kanila; ang gayong mga tao ay mga kalapating mababa ang lipad na lumalaban sa Akin. Bilang isang apostol, hindi dapat tumigil sa tahanan ang isang tao nang napakatagal. Kung ginagawa niya ito, hindi Ko siya pipilitin, kundi iwawaksi at hindi Ko na gagamitin ang taong iyon. Yamang ang mga apostol ay hindi tumitigil sa tahanan nang matagal, gumugugol sila ng napakaraming oras sa iglesia para mapatibay. Kailangang makilahok ang mga apostol kahit sa isa lamang sa dalawang pagpupulong ng mga iglesia. Sa gayon, ang mga pagpupulong ng mga kamanggagawa (kabilang na ang lahat ng pagpupulong ng mga apostol, lahat ng pagpupulong ng mga lider ng iglesia, at lahat ng pagpupulong para sa mga banal na may malinaw na kabatiran) ay dapat maging madalas. Kahit ilan man lamang sa inyo ay dapat dumalo sa bawat pagpupulong, at dapat magtuon lamang ang mga apostol sa pagbabantay sa mga iglesia. Mas malalim na ngayon ang mga kinakailangan na dati-rating hiningi sa mga banal. Para sa mga nakagawa ng mga pagkakasala bago Ako sumaksi sa Aking pangalan, dahil sa kanilang debosyon sa Akin, gagamitin Ko pa rin sila pagkatapos Ko silang subukan. Gayunman, para sa mga nakagawa ng iba pang mga pagkakasala pagkatapos ng Aking patotoo subalit determinadong magpasakit para magsisi at magsimulang muli, kailangang manatili lamang ang gayong mga tao sa loob ng iglesia. Hindi pa rin sila maaaring maging pabaya at walang habas, kundi sa halip ay dapat maging mas mapagpigil sila kaysa sa iba. Tungkol naman sa mga hindi nagbabago ng ugali matapos Akong magsalita, agad silang lilisanin ng Aking Espiritu, at magkakaroon ng karapatan ang

iglesia na isakatuparan ang Aking paghatol at itiwag sila. Sigurado ito, at hindi na maaaring pag-isipan pa. Kung bumagsak ang isang tao sa oras ng paglilitis—ibig sabihin, kung umalis siya—walang sinumang dapat pumansin sa taong iyon, para maiwasang subukan Ako at tulutan si Satanas na pumasok nang galit na galit sa iglesia. Ito ang Aking paghatol sa gayong tao. Kung kumilos ang sinuman nang di-matuwid at dahil sa emosyon sa isang taong umalis, kung gayon hindi lamang ang taong umalis ang mawawalan ng kanilang pwesto, kundi pati rin ang isa pa, ay paaalisin mula sa pagiging kasama sa Aking mga tao. Ang isa pang tungkulin ng mga apostol ay ang magtuon sa pagpapalaganap ng ebanghelyo. Siyempre pa, magagawa rin ng mga banal ang gawaing ito, ngunit dapat silang maging matalino sa paggawa nito, at dapat umiwas na magpasimula ng gulo. Ang nabanggit ay ang kasalukuyang mga paraan ng pagsasagawa. Gayundin, bilang paalala, dapat kayong magtuon ng pansin na gawing mas malalim ang inyong mga sermon, upang lahat ay makapasok sa realidad ng Aking mga salita. Dapat ninyong sunding mabuti ang Aking mga salita, upang lahat ng tao ay maunawaan ang mga iyon nang malinaw at hindi malabo. Napakahalaga nito. Yaong mga kasama sa Aking mga tao na nagkikimkim ng mga ideyang magtaksil ay dapat itiwag, at hindi dapat tulutang manatili nang matagal sa Aking sambahayan, kung hindi ay maghahatid sila ng kahihiyan sa Aking pangalan.

Pebrero 21, 1992

Kabanata 3

Yamang kayo ay tinatawag na Aking mga tao, hindi na katulad ng dati ang mga bagay-bagay; dapat ninyong pakinggan at sundin ang mga pagbigkas ng Aking Espiritu, at matamang sundan ang Aking gawain; hindi ninyo maaaring paghiwalayin ang Aking Espiritu at Aking katawang-tao, sapagkat Kami ay likas na iisa, at likas na hindi magkabukod. Sinumang maghahati sa Espiritu at sa persona at magtutuon sa alinman sa persona o sa Espiritu ay daranas ng kawalan, at makakaya lamang uminom mula sa sarili nilang mapait na saro, na wala nang anumang mapagpipilian. Yaon lamang mga nakakatingin sa Espiritu at sa persona bilang isang buo na hindi mapaghihiwalay ang may sapat na kaalaman tungkol sa Akin; ang buhay sa loob nila ay daranas ng unti-unting pagbabago. Upang makapagpatuloy nang maayos at walang sagabal ang susunod na hakbang ng Aking gawain, gumagamit Ako ng pagpipino ng mga salita upang subukin ang lahat ng nasa Aking sambahayan, at gumagamit Ako ng mga pamamaraan ng paggawa upang subukin yaong mga sumusunod sa Akin. Sa ilalim ng mga sitwasyong ito, maaaring sabihin na nawawalan silang lahat ng pag-asa; bilang mga tao, walang isa man sa kanila na ang mga kundisyon ay hindi negatibo at pasibo, na para bang ang kanilang buong espasyo ay nagbago na. Ang ilang tao ay dumaraing laban sa Langit

at lupa; ang ilan, sa kanilang kawalang-pag-asa, ay pinatitibay ang kanilang sarili at tinatanggap ang pagsubok ng Aking mga salita; ang ilan ay tumitingala sa kalangitan at bumubuntung-hininga nang malalim, puno ng luha ang mga mata, na para bang naguguluhan sa wala-sa-panahong pagkamatay ng isang bagong-silang na sanggol; nadarama pa ng ilan ang kahihyan sa pamumuhay nang gayon, at nagdarasal na kunin na sila ng Diyos sa lalong madaling panahon; ang ilan ay ginugugol ang buong maghapon na nakatulala, na para bang kagagaling pa lamang nila sa malubhang karamdamam at hindi pa bumabalik ang kanilang katinuan; ang ilan, matapos magreklamo, ay tahimik na lumilisan; at ang ilan ay pinupuri pa rin Ako mula sa sarili nilang lugar, bagama't nanatili silang medyo negatibo. Ngayon, kapag nahayag na ang lahat, hindi Ko na kailangang magsalita pa tungkol sa nakaraan; ang mas mahalaga ay na dapat pa rin kayong magkaroon ng kakayahang lubos na maging matapat mula sa lugar na ibinibigay Ko sa inyo ngayon, upang lahat ng inyong ginagawa ay makatugon sa Aking pagsang-ayon, at lahat ng inyong sinasabi ay ang produkto ng Aking kaliwanagan at pagtanglaw, na ang inyong isinasabuhay sa huli ay maging Aking larawan, at ganap na Aking pagpapamalas.

Ang Aking mga salita ay inilalabas at ipinapahayag anumang oras o saanman, kaya nga, dapat din ninyong makilala ang inyong sarili sa Aking harapan sa lahat ng oras. Sapagkat ang ngayon naman ay hindi katulad noong nauna, at hindi mo na maisasakatuparan ang anumang nais mo. Sa halip, sa patnubay ng Aking mga salita, kailangan mong kayaning supilin ang iyong katawan; kailangan mong gamitin ang Aking mga salita bilang iyong tagapagtaguyod, at hindi ka maaaring kumilos nang padalus-dalos. Lahat ng landas sa tunay na pagsasagawa para sa iglesia ay matatagpuan sa Aking mga salita. Yaong mga hindi kumikilos ayon sa Aking mga salita ay tuwirang nagkakasala sa Aking Espiritu, at pupuksain Ko sila. Dahil nakarating na ang mga bagay-bagay sa isang sitwasyong tulad ngayon, hindi ninyo kailangang masyadong malungkot at magsisi tungkol sa inyong nakaraang mga gawa at kilos. Ang Aking kadakilaan ay walang hangganan tulad ng mga dagat at himpapawid—paanong hindi magiging pamilyar sa Akin ang mga kakayahan at kaalaman ng tao sa Akin na tulad ng likod ng sarili Kong kamay? Sino sa tao ang hindi hawak ng Aking mga kamay? Akala mo ba hindi Ko alam kung gaano kataas ang iyong tayog, na walang-wala Akong alam tungkol dito? Imposible iyan! Sa gayon, kapag walang-wala nang pag-asa ang lahat ng tao, kapag hindi na sila makapaghintay at nais nilang magsimulang muli, kapag nais nilang itanong sa Akin kung ano ang nangyayari, kapag nagugumon sa pagwawaldas ang ilan at naghihimagsik ang iba, kapag tapat pa ring naglilingkod ang ilan, sinisimulan Ko ang ikalawang bahagi ng kapanahunan ng paghatol: pagdadalisay at paghatol sa Aking mga tao. Nangangahulugan din iyan na opisyal Kong sinisimulang sanayin ang Aking mga tao, na tinutulutan kayong hindi lamang magbahagi ng magandang patotoo sa Akin, kundi, higit pa riyan, magkamit ng magandang tagumpay sa pakikibaka para sa Akin mula sa luklukan ng Aking mga tao.

Sa lahat ng oras, dapat maging handa ang Aking mga tao laban sa mga tusong pakana ni Satanas, na pinangangalagaan ang pasukan ng Aking sambahayan para sa Akin; dapat nilang matulungan ang isa't isa at tustusan ang isa't isa, upang maiwasang mahulog sa bitag ni Satanas, kung kailan magiging huling-huli na para magsisi. Bakit Ko kayo sinasanay nang may ganitong pagmamadali? Bakit Ko sinasabi sa inyo ang mga katunayan ng espirituwal na mundo? Bakit Ko kayo paulit-ulit na pinaaalalahanan at pinapayuhan? Napag-isipan na ba ninyo ito kahit kailan? Nalinawan na ba ninyo ito sa inyong pagninilay? Kaya, hindi lamang ninyo kailangang sanayin ang inyong sarili sa pamamagitan ng pagbatay sa pundasyon ng nakaraan, kundi, higit pa ryan, maalis ang mga dumi sa inyong kalooban sa ilalim ng patnubay ng mga salita ng ngayon, na tinutulutan ang bawat isa sa Aking mga salita na mag-ugat at mamukadkad sa iyong espiritu, at ang mas mahalaga, higit pang mamunga. Iyan ay dahil ang Aking hinihingi ay hindi matitingkad at mayayabong na bulaklak, kundi saganang bunga, bungang hindi nawawala ang pagkahinog. Nauunawaan mo ba ang tunay na kahulugan ng Aking mga salita? Bagama't ang mga bulaklak sa isang greenhouse ay di-mabilang na tulad ng mga bituin, at inaakit ang lahat ng taong humahanga, kapag nalanta na ang mga iyon, nasisira ang mga iyon tulad ng mapanlinlang na mga pakana ni Satanas, at walang sinumang nagpapakita ng anumang interes sa kanila. Subalit lahat ng hinampas ng mga hangin at sinunog ng araw na nagpapatotoo sa Akin, bagama't hindi maganda ang pamumulaklak, ay magbubunga kapag nalanta na ang mga bulaklak, sapagkat kinakailangan Kong mangyari iyon sa kanila. Kapag sinasambit Ko ang mga salitang ito, gaano ang nauunawaan ninyo? Kapag nalanta at namunga na ang mga bulaklak, at kapag masisiyahan Ako sa lahat ng bungang ito, tatapusin Ko ang lahat ng Aking gawain sa lupa, at sisimulan Kong tamasahin ang pagkabuo ng Aking karunungan!

Pebrero 22, 1992

Kabanata 4

Lahat ng Aking tao na naglilingkod sa Aking harapan ay dapat gunitain ang nakaraan: Nabahiran ba ng dumi ang inyong pagmamahal sa Akin? Dalisay ba at taos-puso ang inyong katapatan sa Akin? Totoo ba ang inyong kaalaman tungkol sa Akin? Gaano kalaki ang puwang Ko sa inyong puso? Napuno Ko ba ang buong puso ninyo? Gaano karami ang naisagawa ng Aking mga salita sa inyong kalooban? Huwag ninyo Akong ituring na isang hangal! Napakalinaw ng mga bagay na ito sa Akin! Ngayon, habang binibigkas ang tinig ng Aking pagliligtas, naragdagan ba ang inyong pagmamahal sa Akin? Naging dalisay ba ang bahagi ng inyong katapatan sa Akin? Lumalim ba ang inyong kaalaman tungkol sa Akin? Naglatag ba ng matibay na

pundasyon ang papuring inialay noong araw para sa inyong kaalaman ngayon? Gaano kalaking bahagi ninyo ang okupado ng Aking Espiritu? Gaano kalaking puwang ang sakop ng Aking larawan sa inyong kalooban? Tumagos ba sa puso ninyo ang Aking mga pagbigkas? Nadarama ba ninyo talaga na wala kayong mapagtataguan ng inyong kahihiyan? Naniniwala ba talaga kayo na hindi kayo karapat-dapat na maging Aking mga tao? Kung kayo ay ganap na walang kamalayan sa mga katanungan sa itaas, nagpapakita ito na sinasamantala mo ang sitwasyon, na nariyan ka lamang para magparami sa bilang, at sa panahong Aking paunang itinalaga, tiyak na palalayasin ka at itutulak sa walang hanggang hukay sa ikalawang pagkakataon. Ito ang Aking mga salita ng babala, at ang sinumang nagbabalewala sa mga ito ay tatamaan ng Aking paghatol, at, sa takdang panahon, ay daranas ng kalamidad. Hindi nga ba ganito? Kailangan Ko pa bang magbigay ng mga halimbawa upang ilarawan ito? Kailangan Ko bang magsalita nang mas malinaw upang magbigay ng halimbawa sa inyo? Mula sa panahon ng paglikha hanggang ngayon, marami nang taong sumuway sa Aking mga salita at sa gayon ay inalis at pinalayas na mula sa daloy ng Aking pagbawi; sa huli, namamatay ang kanilang katawan at itinatapon ang kanilang espiritu sa Hades, at kahit ngayon ay isinasailalim pa rin sila sa mabigat na kaparusahan. Maraming tao na ang sumunod sa Aking mga salita, ngunit sumalungat na sa Aking kaliwanagan at pagtanglaw, at sa gayon ay sinipa Ko na sa isang tabi, nahulog sa ilalim ng sakop ni Satanas at naging yaong mga tutol sa Akin. (Ngayon lahat niyaong mga direktang tumututol sa Akin ay sumusunod lamang sa kababawan ng Aking mga salita, at sumusuway sa diwa ng Aking mga salita.) Marami na rin ang nakinig lamang sa mga salitang Aking sinabi kahapon, na kumapit sa “basura” ng nakaraan at hindi pinahalagahan ang “bunga” ng kasalukuyan. Hindi lamang nabihag ni Satanas ang mga taong ito, kundi naging mga walang-hanggang makasalanan at naging Aking mga kaaway, at tuwiran nila Akong kinakalaban. Ang gayong mga tao ang mga pakay ng Aking paghatol sa kasukdulan ng Aking poot, at ngayon ay bulag pa rin sila, nasa loob pa rin ng madidilim na piitan (na ang ibig sabihin, ang mga taong tulad nito ay bulok at manhid na mga bangkay na kontrolado ni Satanas; sapagka’t ang kanilang mga mata ay Aking tinakpan, Aking sinasabi na sila ay mga bulag). Makabubuting magbigay ng isang halimbawa para sa inyong sanggunian, upang may matutuhan kayo mula rito:

Sa pagbanggit kay Pablo, iisipin ninyo ang kanyang kasaysayan, at ang ilan sa mga kuwento tungkol sa kanya na hindi tumpak at hindi umaayon sa realidad. Tinuruan siya ng kanyang mga magulang mula sa murang edad, at natanggap ang Aking buhay, at bilang resulta ng Aking paunang pagtatalaga ay nagtaglay siya ng kakayahang Aking kinakailangan. Sa edad na 19, binasa niya ang iba’t ibang libro tungkol sa buhay; kaya hindi Ko na kailangang idetalye kung paano, dahil sa kanyang kakayahan, at dahil sa Aking kaliwanagan at pagpapalinaw, hindi lamang siya nakapagsalita ng ilang kabatiran tungkol sa espirituwal na mga bagay, kundi nagawa niya ring tarukin ang Aking mga intensyon. Siyempre, hindi nito isinasantabi ang kombinasyon ng mga panloob at

panlabas na kadahilanan. Gayon pa man, ang kanyang isang kapintasan ay, dahil sa kanyang mga talento, madalas siyang matamis magsalita at mayabang. Bilang resulta, dahil sa kanyang pagsuway, na bahagyang direktang kumatawan sa arkangel, nang Ako ay nagkatawang-tao sa unang pagkakataon, ginawa niya ang lahat ng makakaya niya upang lumaban sa Akin. Isa siya sa mga hindi nakakaalam sa Aking mga salita, at naglaho na ang Aking lugar sa kanyang puso. Direktang tumututol ang nasabing mga tao sa Aking pagka-Diyos, at sila ay Aking pinababagsak, at yumuyuko lamang at nagkukumpisal ng kanilang mga kasalanan sa katapus-katapusan. Kaya, pagkatapos Kong magamit ang kanyang mga kalakasan—na ang ibig sabihin, matapos siyang makapaglingkod sa Akin nang kaunting panahon—bumalik siyang muli sa kanyang mga lumang gawi, at kahit na hindi niya direktang sinuway ang Aking mga salita, sinuway niya ang Aking panloob na gabay at kaliwanagan, at sa gayon ang lahat ng kanyang nagawa nang nakaraan ay walang-saysay; sa madaling salita, ang korona ng kaluwalhatian na sinabi niya ay naging hungkag na mga salita, isang produkto ng kanyang sariling imahinasyon, dahil kahit sa ngayon ay sumasailalim pa rin siya sa Aking paghatol sa loob ng pagkakabihag ng Aking mga gapos.

Mula sa halimbawa sa itaas, makikita na sinumang kumakalaban sa Akin (sa pagkalaban hindi lamang sa Aking sariling katawang-tao kundi ang mas mahalaga, sa Aking mga salita at Aking Espiritu—na ibig sabihin, sa Aking pagka-Diyos), ay tumatanggap ng Aking paghatol sa kanilang laman. Kapag iniwan ka ng Aking Espiritu, bumubulusok ka pababa, bumababang direkta sa Hades. At bagaman ang iyong katawang laman ay nasa ibabaw ng lupa, tulad ka ng isang tao na mayroong sakit sa pag-iisip: Nawala mo na ang iyong katinuan, at agad mong nararamdaman na para kang isang bangkay, kung kaya't nagmamakaawa ka sa Akin na agad nang wakasan ang iyong laman. Ang karamihan sa inyo na angkin ng espiritu ay may malalim na pagpapahalaga sa mga kalagayang ito, at hindi Ko na kailangang magdetalye pa. Sa nakaraan, gumawa Ako sa normal na pagkatao, karamihan sa mga tao ay sinukat na ang kanilang sarili laban sa Aking poot at pagiging maharlika, at mayroon nang kaunting kaalaman tungkol sa Aking karunungan at disposisyon. Ngayon, tuwiran Akong nagsasalita at kumikilos sa pagka-Diyos, at mayroon pa ring ilang tao na makikita ang Aking poot at paghatol sa sarili nilang mga mata; bukod pa ryan, ang pangunahing gawain ng ikalawang bahagi ng panahon ng paghatol ay ang tuwirang ipaalam sa lahat ng Aking tao ang Aking mga gawa sa katawang-tao, at tuwirang ipakita sa inyong lahat ang Aking disposisyon. Ngunit dahil Ako ay nasa katawang-tao, isinasaalang-alang Ko ang inyong mga kahinaan. Inaasahan Ko na hindi ninyo itinuturing ang inyong espiritu, kaluluwa at katawan bilang mga laruan, walang-pakialam na iniaalay ang mga iyon kay Satanas. Mas mabuti na pahalagahan ninyo ang lahat ng mayroon kayo, at hindi ito ituring na isang laro, dahil nauugnay sa inyong kapalaran ang gayong mga bagay. Naiintindihan ba talaga ninyo ang tunay na kahulugan ng Aking mga salita? May kakayahan ba talaga kayong maging mapagsaalang-alang sa Aking tunay na mga damdamin?

Handa ba kayong tamasahin ang Aking mga pagpapala sa lupa, mga pagpapalang katulad ng mga nasa langit? Handa ba kayong pahalagahan ang pag-unawa sa Akin, ang pagtatamasa ng Aking mga salita at ang pagkakilala sa Akin, bilang ang pinakamahalaga at makabuluhang mga bagay sa inyong buhay? Kaya ba talaga ninyong lubos na magpasakop sa Akin, na hindi iniisip ang inyong sariling mga interes? Kaya ba talaga ninyong tulutan ang inyong sarili na patayin Ko, at akayin Ko, gaya ng isang tupa? Mayroon bang sinuman sa inyo na may kakayahang kamtin ang ganyang mga bagay? Maaari kaya na ang lahat ng Aking tinatanggap at tumatanggap ng Aking mga pangako ay yaong mga nagkakamit ng Aking mga pagpapala? May naintindihan ba kayo na anuman mula sa mga salitang ito? Kung susubukin Ko kayo, kaya ba ninyong lubusang ilagay ang inyong mga sarili sa Aking pagsasaayos, at, sa gitna ng mga pagsubok na ito, hanapin ang Aking mga intensyon at damhin ang Aking puso? Hindi Ko nais para sa iyo na makapagsalita ng maraming makabagbag-damdaming salita, o makapagsabi ng maraming nakasasabik na kuwento; sa halip, hinihingi Ko na makaya mong magpatotoo nang mainam sa Akin, at na makapasok ka nang lubusan at malaliman sa realidad. Kung hindi Ako nagsalita nang tuwiran, tatalikuran mo kaya ang lahat ng bagay sa iyong paligid at tutulutan ang iyong sarili na gamitin Ko? Hindi ba ito ang realidad na Aking hinihingi? Sino ang nakakatarok sa kahulugan ng Aking mga salita? Subalit hinihingi Ko na huwag na kayong mabigatan pa sa mga pagdududa, na maging aktibo kayo sa inyong pagpasok at intindihin ang diwa ng Aking mga salita. Pipigilan kayo nito na magkamali sa pag-unawa sa Aking mga salita, at malabuan sa ibig Kong sabihin, at sa gayon ay lumabag sa Aking mga atas administratibo. Sana ay naiintindihan ninyo ang Aking mga layunin para sa inyo sa Aking mga salita. Huwag na ninyong isipin pa ang sarili ninyong mga pag-asam, at kumilos kayo ayon sa inyong matibay na pagpapasya sa Aking harapan na magpasakop sa mga pagsasaayos ng Diyos sa lahat ng bagay. Dapat ang lahat niyaong tumatayo sa loob ng Aking sambahayan ay gawin ang lahat ng kanilang makakaya; dapat mong ihandog ang iyong pinakamahasag hanggang sa huling bahagi ng Aking gawain sa lupa. Handa ka ba talagang isagawa ang gayong mga bagay?

Pebrero 23, 1992

Kabanata 5

Ang tinig ng Aking Espiritu ay isang pagpapahayag ng kabuuan ng Aking disposisyon. Nauunawaan ba ninyo? Ang maging malabo tungkol sa puntong ito ay katumbas ng paglaban sa Akin nang tuwiran. Talaga bang nakita na ninyo ang kahalagahan nito? Alam ba ninyo talaga kung gaano kalaking pagsisikap, kung gaanong lakas, ang ginugugol Ko sa inyo? Talaga bang nangangahas kayong ilantad ang nagawa ninyo at

kung paano Kayo kumilos sa Aking harapan? At ang lakas pa ng loob ninyong tawagin ang inyong sarili na Aking mga tao sa Aking harapan—wala kayong kahihiyan, lalo nang wala kayong anumang pakiramdam! Sa malao't madali, ang mga taong katulad ninyo ay paaalisin mula sa Aking bahay. Huwag kayong umakto na parang mas matalino kayo sa Akin, na ipinapalagay na nakapagpatotoo kayo para sa Akin! Isang bagay ba ito na kayang gawin ng sangkatauhan? Kung wala nang natira sa iyong mga layunin at mithiin, sana ay matagal ka nang nalihis ng landas. Iniisip mo ba na hindi Ko alam kung gaano karaming damdamin ang kayang itago ng puso ng tao? Simula sa oras na ito, sa lahat ng bagay, kailangan mong pumasok sa realidad ng pagsasagawa; kapag puro daldal ka lamang, tulad ng nagawa mo noong araw, wala ka nang mararating. Noong araw, karamihan sa inyo ay nagawang makinabang sa ilalim ng Aking bubong; ang katotohanan na kaya ninyong manindigan ngayon ay ganap na dahil sa kabagsikan ng Aking mga salita. Akala mo ba, basta na lamang Ako nagsasalita nang walang layunin? Imposible! Minamasdan Ko ang lahat ng bagay sa ibaba mula sa itaas, at gumagamit Ako ng kapangyarihan sa lahat ng bagay mula sa itaas. Sa gayon ding paraan, nailagay Ko na sa lugar ang Aking pagliligtas sa ibabaw ng mundo. Walang kahit isang saglit na hindi Ko minamasdan, mula sa Aking sikretong lugar, ang bawat galaw ng sangkatauhan at lahat ng kanilang sinasabi at ginagawa. Alam Ko ang iniisip at nadarama ng mga tao: nakikita at kilala Ko silang lahat. Ang sikretong lugar ay Aking tirahan, at ang buong kalangitan ang kamang Aking hinihimlayan. Hindi Ako kayang abutin ng mga puwersa ni Satanas, sapagkat nag-uumapaw ang Aking kamahalan, katuwiran, at paghatol. Ang di-maipahayag na hiwaga ay nananahan sa Aking mga salita. Kapag Ako ay nagsasalita, nagiging para kayong mga ibon na kahahagis lamang sa tubig, na litung-lito, o mga sanggol na katatapos pa lamang masindak, na tila walang alam, dahil ang inyong espiritu ay nahulog na sa isang kalagayan ng pagkatuliro. Bakit Ko sinasabi na ang sikretong lugar ay Aking tirahan? Alam mo ba ang mas malalim na kahulugan ng Aking mga salita? Sino sa mga tao ang may kakayahang makilala Ako? Sino ang may kakayahang makilala Ako na katulad ng pagkakilala nila sa sarili nilang ama at ina? Habang nagpapahinga sa Aking tirahan, nagmamasid Akong mabuti: Lahat ng tao sa mundo ay nagmamadali, “naglalakbay sa buong mundo” at nagpaparoo't parito, lahat para sa kapakanan ng kanilang tadhana at kanilang hinaharap. Gayunma'y wala ni isa ang may lakas na mailalaan sa pagtatayo ng Aking kaharian, ni walang lakas na kailangan upang humugot ng hininga. Nilikha Ko ang mga tao, at nasagip Ko sila nang maraming beses mula sa kapighatian; gayunman, ang mga taong ito ay pawang mga walang utang-na-loob: Wala ni isa sa kanila ang may kakayahang isa-isahin ang mga pagkakataon na iniligtas Ko sila. Napakaraming taon na—napakaraming siglo—mula nang likhain ang mundo hanggang sa araw na ito; nakagawa na Ako ng napakaraming himala at naipakita ang Aking karunungan nang napakaraming beses. Gayunpaman, sira ang ulo at manhid ang mga tao na tulad ng baliw, at kung minsan pa nga ay parang mababangis na hayop ang mga tao na naghahangusan sa gubat, na wala ni katiting na

hangaring pansinin ang Aking mga gawain. Maraming beses Ko nang sinintensyahan ng kamatayan ang mga tao at hinatulan silang mamatay, ngunit ang Aking plano ng pamamahala ay hindi mababago ng sinuman. At samakatuwid, sa Aking mga kamay, patuloy na naghahayag ang mga tao ng mga lumang bagay na kinakapitan nila. Dahil sa mga hakbang ng Aking gawain, minsan pa, sinagip Ko na kayong mga nilalang na isinilang sa isang malaking pamilyang bulok, masama, marumi, at nakakadiri.

Ang nakaplano Kong gawain ay patuloy na sumusulong nang walang-tigil kahit isang saglit. Dahil nakalipat na sa Kapanahunan ng Kaharian, at nadala Ko na kayo sa Aking kaharian bilang Aking mga tao, may iba pa Akong mga hihilingin sa inyo; ibig sabihin, sisimulan Kong ipahayag sa inyong harapan ang konstitusyong gagamitin Ko sa pamumuno sa kapanahunang ito:

Yamang tinatawag kayo na Aking mga tao, dapat ninyong makayang luwalhatiin ang Aking pangalan; ibig sabihin, magpatotoo sa gitna ng pagsubok. Kung tangkain ng sinuman na utuin Ako at itago ang totoo sa Akin, o sumali sa nakahihiyang mga gawain habang nakatalikod Ako, palalayasin ang gayong mga tao, lahat sila, at aalisin mula sa Aking bahay upang maghintay na harapin Ko sila. Yaong mga naging taksil at masuwayin sa Akin noong araw, at ngayon ay muling nagbabangon upang hatulan Ako nang lantaran—sila man ay palalayasin sa Aking bahay. Yaong Aking mga tao ay kailangang palaging magpakita ng konsiderasyon sa Aking mga pasanin at hangarin ding maunawaan ang Aking mga salita. Ang mga tao lamang na katulad nito ang Aking liliwanagan, at siguradong mabubuhay sila sa ilalim ng Aking patnubay at kaliwanagan, nang hindi kailanman humaharap sa pagkastigo. Yaong mga tao, na bigong magpakita ng konsiderasyon sa Aking mga pasanin, na nagtutuon sa pagpapalano para sa sarili nilang hinaharap—ibig sabihin, yaong mga walang layuning kumilos upang palugurin ang puso Ko, kundi sa halip ay naghahanap ng mga bigay-bigay—ang mga tila-pulubing nilalang na ito ang ayaw Ko talagang kasangkapanin, dahil mula nang ipanganak sila, wala silang anumang alam kung ano ang kahulugan ng magpakita ng konsiderasyon sa Aking mga pasanin. Sila ay mga taong walang normal na katinuan; ang gayong mga tao ay maysakit na “malnutrisyon” sa utak, at kailangang umuwi para sa kaunting “pangangalaga.” Walang silbi sa Akin ang gayong mga tao. Sa Aking mga tao, lahat ay kailangang maobligang ituring na tungkulin nilang makilala Ako na dapat makita hanggang sa huli, tulad ng pagkain, pagbibihis, at pagtulog, isang bagay na hindi kailanman nalilimutan ng isang tao sa isang saglit, upang sa bandang huli, ang pagkilala sa Akin ay maging kasing-pamilyar ng pagkain—isang bagay na ginagawa mo nang walang kahirap-hirap, na praktisado ang kamay. Tungkol naman sa mga salitang Aking sinasambit, bawat isa nito ay kailangang tanggapin nang may sukdulang pananampalataya at lubos na maunawaan; hindi maaaring magkaroon ng mga pagkilos na walang interes at hindi lubus-lubusan. Sinumang hindi pumapansin sa Aking mga salita ay ituturing na tuwirang lumalaban sa Akin; sinumang hindi kumakain ng Aking mga salita, o hindi naghahangad na malaman ang mga iyon, ay ituturing na hindi

nakikinig na mabuti sa Akin, at tuwirang palalabasin sa pintuan ng Aking bahay. Ito ay dahil, tulad ng sinabi Ko na noong araw, ang nais Ko ay hindi ang maraming tao, kundi ang kahusayan. Sa isandaang tao, kung iisa lamang ang nakakakilala sa Akin sa pamamagitan ng Aking mga salita, handa Akong itapon ang lahat ng iba pa upang liwanagan at paliwanagin ang iisang ito. Mula rito ay makikita ninyo na hindi palaging totoo na sa mas malaking bilang ng mga tao lamang Ako maaaring makita at maisabuhay. Ang nais Ko ay trigo (kahit maaaring hindi puno ang mga butil) at hindi mga mapanirang damo (kahit puno ang mga butil para hangaan). Tungkol naman sa mga walang pakialam sa paghahangad, kundi sa halip ay pabaya kung kumilos, dapat silang kusang umalis; ayaw Ko na silang makita, kung hindi ay patuloy silang magbibigay ng kahihiyang sa Aking pangalan. Hinggil sa kinakailangan Ko sa Aking mga tao, titigil Ako sa mga panuntunang ito sa ngayon, at maghihintay upang gumawa ng karagdang mga parusa, depende sa kung paano magbabago ang sitwasyon.

Sa nakalipas na mga araw, akala ng halos lahat ng tao ay Ako ang Diyos Mismo ng karunungan, na Ako ang mismong Diyos na nakakita sa kaibuturan ng puso ng mga tao; gayunman, mababaw na usapan lamang ito. Kung totoong nakilala Ako ng mga tao, hindi sana sila kaagad nagsalita nang patapos, kundi sa halip ay patuloy sana nilang sinubukang kilalanin Ako sa pamamagitan ng Aking mga salita. Kapag nakarating sila sa isang yugto kung saan totoong nakita nila ang Aking mga gawa, saka lamang sila magiging karapat-dapat na tawagin Akong Matalino at Kahanga-hanga. Napakababaw ng kaalaman ninyo tungkol sa Akin. Sa lahat ng kapanahunan, napakaraming taong nakapaglingkod sa Akin sa loob ng napakaraming taon at, dahil nakita nila ang Aking mga gawa, talagang may nalalaman silang isang bagay tungkol sa Akin. Dahil dito, datirati ay palagi silang nagpapasakop ng kanilang puso sa Akin, na hindi nangangahas na magtanim ni katiting na layunin na kontrahin Ako dahil napakahirap hanapin ng Aking mga yapak. Kung wala ang Aking patnubay sa mga taong ito, hindi sila mangangahas na kumilos nang padalus-dalos. Samakatuwid, matapos mabuhay sa maraming taon ng karanasan, kalaunan ay ginawa nilang pangkalahatan ang isang bahagi ng kaalaman tungkol sa Akin, na tinatawag Akong Matalino, Kahanga-hanga, at Tagapayo, na ang Aking mga salita ay parang espadang magkabila ang talim, na ang Aking mga gawa ay dakila, kagila-gilalas, at kamangha-mangha, na Ako ay nakasuot-maharlika, na ang Aking karunungan ay mas mataas pa sa kalangitan, at iba pang mga kabatiran. Gayunman, sa araw na ito, ang kaalaman ninyo tungkol sa Akin ay batay lamang sa pundasyong kanilang nailatag, kaya halos lahat kayo—tulad ng mga loro—ay inuulit lamang ang mga salitang nasambit nila. Ito ay dahil lamang sa isinaalang-alang Ko kung gaano kababaw ang paraan ng pagkilala ninyo sa Akin at kung gaano kababa ang inyong “pinag-aralan” kaya napapalibre Ko kayo sa napakaraming pagkastingo. Magkagayunman, halos lahat kayo ay hindi pa rin kilala ang inyong sarili, o iniisip ninyo na nahangad na ninyo ang Aking kalooban sa inyong mga gawa, at dahil dito ay natakasan na ninyo ang paghatol; o na, pagkatapos maging tao, hindi Ko na nasubaybayan ang mga ginagawa ng

sangkatauhan, at na dahil dito ay natakasan na rin ninyo ang pagkastigo; o na ang Diyos na pinaniniwalaan ninyo ay hindi umiiral sa malalawak na bahagi ng sansinukob, kaya nga ang pagkilala sa Diyos ay ginawa na ninyong isang gawaing gagawin ninyo sa inyong libreng oras sa halip na isang bagay na isasapuso ninyo bilang isang tungkuling kailangang tuparin, gamit ang paniniwala sa Diyos bilang isang paraan para mabilis na palipasin ang oras na gugugulin sana ninyo sa katamaran. Kung hindi Ako naawa sa inyong kawalan ng mga kakayahan, katwiran, at mga kabatiran, malilipol kayong lahat sa gitna ng Aking pagkastigo, mabubura kayo sa mundo. Magkagayunman, hanggang sa matapos ang Aking gawain sa mundo, mananatili Akong maluwag sa sangkatauhan. Ito ay isang bagay na kailangang malaman ninyong lahat, at nang hindi na kayo malito sa pagitan ng mabuti at masama.

Pebrero 25, 1992

Kabanata 6

Pansinin ang mga bagay na nauukol sa espiritu, pakinggan ang Aking salita, at magkaroon ng tunay na kakayahang ituring ang Aking Espiritu at Aking pagkatao, at ang Aking salita at Aking pagkatao, bilang isang di-mapaghihiwalay na kabuuan, upang mapalugod Ako ng buong sangkatauhan sa Aking presensya. Napasok Ko na ang lahat ng naroon, natanaw Ko na ang buong kalawakan ng sansinukob, at nakalakad na Ako sa gitna ng lahat ng tao, na tinitikman ang tamis at pait sa piling ng tao—subalit hindi pa Ako totoong nakilala ng tao kailanman, hindi niya Ako pinakinggan kailanman sa Aking mga paglalakbay. Dahil tahimik Ako, at hindi Ako nagsagawa ng mga di-pangkaraniwan, walang sinumang tunay na nakakita sa Akin. Ang ngayon ay hindi na katulad ng nakaraan: Gagawa Ako ng mga bagay na hindi pa nakita kailanman mula noong panahon ng paglikha, magsasalita Ako ng mga salitang hindi pa narinig sa nakalipas na mga kapanahunan, sapagkat hinihiling Ko na lahat ng tao ay makilala Ako sa katawang-tao. Ito ang mga hakbang ng Aking pamamahala, ngunit wala ni katiting na ideya ang tao. Bagama't nagsalita na Ako nang malinaw, nalilito pa rin ang mga tao; mahirap silang paliwanagan. Hindi ba ito ang kaabahan ng tao? Hindi ba ito mismo ang nais Kong lunasan? Sa loob ng maraming taon, wala Akong ginawang anuman sa tao; sa loob ng maraming taon, sa kabila ng tuwirang pakikipag-ugnayan sa Aking nagkatawang-taong laman, walang sinumang nakarinig kailanman sa tinig na tuwirang nagmula sa Aking pagka-Diyos. Kaya hindi maiwasan ng mga tao na mawalan ng kaalaman tungkol sa Akin, bagama't hindi ito nakaapekto sa pagmamahal nila sa Akin sa paglipas ng mga kapanahunan. Gayunman, ngayon, nakagawa Ako sa inyo ng mahimalang gawain, gawaing di-maarok at di-masukat, at nangusap na Ako ng maraming salita. Gayunpaman, sa gayong mga sitwasyon, marami pa ring lumalaban sa Akin nang tuwiran sa Aking

presensya. Hayaan ninyong bigyan Ko kayo ngayon ng ilang halimbawa:

Araw-araw kang nagdarasal sa isang malabong Diyos, na nagsisikap na maintindihan ang Aking kalooban at lumago sa buhay. Subalit kapag naharap sa Aking mga salita, iba ang tingin mo sa mga ito; itinuturing mo ang Aking mga salita at Aking Espiritu bilang isang buo, subalit isinasantabi Mo ang Aking pagkatao, na naniniwala na ang Aking persona ay talagang walang kakayahang bigkasin ang gayong mga salita, na ginagabayan ang mga ito ng Aking Espiritu. Ano ang kaalaman mo sa gayong mga sitwasyon? Naniniwala ka nang kaunti sa Aking mga salita subalit mayroon kang mga kuru-kuro na iba-iba ang tindi patungkol sa katawang-tao na Aking ginagamit. Pinalilipas mo ang bawat araw sa pag-aaral dito, at sinasabi mo: “Bakit Niya ginagawa ang mga bagay-bagay sa gayong paraan? Talaga bang nagmumula ang mga ito sa Diyos? Imposible! Hindi naman Siya gaanong naiiba sa akin—isa rin Siyang normal at ordinaryong tao.” Paano maipaliliwanag ang gayong sitwasyon?

Sino sa inyo ang hindi nagtataglay ng nabanggit sa itaas? Sino ang hindi abala sa gayong mga bagay? Mukhang mga bagay ito na pinanghahawakan mo na parang mga personal na ari-arian, na ayaw mong pakawalan kailanman. Lalong hindi ka aktibong nagsisikap para sa sarili mo; sa halip, hinihintay mong Ako Mismo ang gumawa noon. Sa totoo lang, walang isa mang taong hindi naghahanap na nakakakilala sa Akin nang gayon kadali. Hindi mababaw ang mga salitang ito na itinuturo Ko sa inyo. Sapagkat mabibigyan Ko kayo ng isa pang halimbawa mula sa isa pang pananaw para maging sanggunian mo:

Kapag nababanggit si Pedro, walang katapusan ang pagsasabi ng mga tao ng mabubuting bagay tungkol sa kanya. Agad nilang ginugunita ang tatlong beses na itinakwil niya ang Diyos, paano niya sinubok ang Diyos sa pagsisilbi kay Satanas, at paano siya ipinako sa krus nang patiwari sa bandang huli para sa Diyos, at iba pa. Ngayon ay magtutuon Ako sa paglalarawan sa inyo kung paano Ako nakilala ni Pedro at kung ano ang kinahinatnan niya sa huli. Malaki ang kakayahan ni Pedro, ngunit ang kanyang sitwasyon ay hindi kagaya ng kay Pablo: Inusig Ako ng kanyang mga magulang, mga demonyo sila na nasapian ni Satanas at, dahil dito, wala silang itinurong anuman kay Pedro tungkol sa Diyos. Si Pedro ay mautak, matalino, at mahal na mahal ang kanyang mga magulang mula pa sa pagkabata. Subalit pagtanda niya, naging kaaway siya nila dahil hindi siya tumigil kailanman sa pagsisikap na makaalam tungkol sa Akin, at paglaon ay tumalikod siya sa kanila. Ito ay dahil, una sa lahat, naniwala siya na ang langit at lupa at lahat ng bagay ay nasa mga kamay ng Makapangyarihan sa lahat at na lahat ng positibong bagay ay nagmumula sa Diyos at tuwirang lumalabas mula sa Kanya nang hindi naiimpluwensyahan ni Satanas. Ang pagkakaiba ng mga magulang ni Pedro sa kanya ay nagbigay sa kanya ng higit na kaalaman tungkol sa Aking kagandahang-loob at awa, sa gayon ay nadagdagan ang kanyang hangaring hanapin Ako. Nagtuon siya hindi lamang sa pagkain at pag-inom ng Aking mga salita, kundi, bukod pa rito, sa pag-unawa sa Aking kalooban, at lagi siyang maingat sa

kanyang puso. Dahil dito, lagi siyang sensitibo sa kanyang espiritu, at dahil dito ay nakaayon Siya sa Aking sariling puso sa lahat ng kanyang ginawa. Palagi siyang nakatuon sa mga kabiguan ng mga tao noong araw para magpasigla sa kanya, sa malaking pangamba na baka siya mabigo. Nagtuon din siya sa pakikibahagi sa pananampalataya at pagmamahal ng lahat ng nagmahal sa Diyos sa lahat ng kapanahunan. Sa ganitong paraan—hindi lamang sa mga negatibong aspeto, kundi ang higit na mahalaga, sa mga positibong aspeto—mas mabilis siyang lumago, kaya ang kanyang kaalaman ay naging pinakadakila sa lahat sa Aking presensya. Dahil dito, hindi mahirap isipin kung paano niya ipinaubaya ang lahat ng mayroon siya sa Aking mga kamay, paano niya isinuko maging ang paggawa ng mga desisyon tungkol sa pagkain, pananamit, pagtulog at kung saan siya nakatira, at sa halip ay tinamasa niya ang Aking mga kayamanan batay sa pagpapalugod niya sa Akin sa lahat ng bagay. Maraming beses Ko siyang isinailalim sa mga pagsubok—mga pagsubok, natural, na muntik na niyang ikamatay—ngunit sa kabila ng daan-daang pagsubok na ito, hindi siya nawalan ng pananampalataya sa Akin kailanman o nadismaya sa Akin. Kahit noong sabihin Ko na tinalikuran Ko na siya, hindi pa rin siya pinanghinaan ng loob, at patuloy niya Akong minahal sa isang praktikal na paraan at alinsunod sa dating mga prinsipyo ng pagsasagawa. Sinabi Ko sa kanya na hindi Ko siya pupurihin kahit minahal niya Ako, na sa huli ay ihahagis Ko siya sa mga kamay ni Satanas. Ngunit sa gitna ng mga pagsubok na ito, mga pagsubok na hindi sumapit sa kanyang laman, kundi sa mga salita, nanalangin pa rin siya sa Akin at nagsabing, “Diyos ko! Sa langit at sa lupa, at sa lahat ng bagay, mayroon bang sinumang tao, anumang nilalang, o anumang bagay na hindi Mo hawak sa mga kamay Mo, ang Makapangyarihan sa lahat? Kapag maawain Ka sa akin, labis na nagagalak ang puso ko sa Iyong awa. Kapag hinahatulan Mo ako hindi man ako karapat-dapat, lalo kong nadarama ang napakalalim na hiwaga ng Iyong mga gawa, dahil puno Ka ng awtoridad at karunungan. Bagama’t nahihirapan ang aking laman, naaaliw ang aking espiritu. Paanong hindi ko pupurihin ang Iyong karunungan at mga gawa? Kahit mamatay ako matapos Kang makilala, paanong hindi ko magagawa iyon nang may galak at masaya? Makapangyarihan sa lahat! Talaga bang ayaw Mo akong makita Ka? Talaga bang hindi ako karapat-dapat na tumanggap ng Iyong paghatol? Maaari kayang may isang bagay sa akin na ayaw Mong makita?” Sa gayong mga pagsubok, kahit hindi naintindihang mabuti ni Pedro ang Aking kalooban, malinaw na ipinagmalaki at ikinarangal niya na kinasangkapan Ko siya (kahit tinanggap niya ang Aking paghatol upang makita ng sangkatauhan ang Aking kamahalan at poot), at na hindi siya nabalisa sa mga pagsubok na ito. Dahil sa kanyang katapatan sa Aking harapan, at dahil sa Aking pagpapala sa kanya, naging isa siyang uliran at huwaran sa tao sa loob ng libu-libong taon. Hindi ba ito mismo ang dapat ninyong tularan? Pag-isipan ninyong mabuti at matagal kung bakit Ako naglahad ng ganito kahabang salaysay tungkol kay Pedro; dapat ay magsilbing mga prinsipyo ang mga ito na susundin ninyo sa inyong pagkilos.

Kahit kakaunting tao ang nakakakilala sa Akin, hindi Ko ibubuhos ang Aking poot sa sangkatauhan, sapagkat maraming pagkukulang ang mga tao, at mahirap para sa kanila na marating ang antas na hinihiling Ko sa kanila. Kaya, naging mapagparaya Ako sa tao sa loob ng libu-libong taon, hanggang sa ngayon, subalit umaasa Ako na hindi kayo magpapabaya sa inyong sarili nang dahil sa Aking pagpaparaya. Sa pamamagitan ni Pedro, dapat ninyo Akong makilala at hanapin; mula sa lahat ng kanyang pakikipagsapalaran, dapat kayong maliwanagan nang higit kaysa rati, at sa gayon ay makarating kayo sa mga dakong hindi pa narating ng tao kailanman. Sa buong kosmos at sa kalangitan, sa lahat ng bagay sa langit at sa lupa, lahat ng bagay sa ibabaw ng lupa at sa langit ay ginagawa ang lahat para sa huling yugto ng Aking gawain. Sigurado kayang ayaw ninyong manatiling mga manonood lamang, na inuutus-utusan ng mga puwersa ni Satanas? Palaging nariyan si Satanas na nilalamon ang kaalaman tungkol sa Akin na nasa puso ng mga tao, na nagngangalit ang mga ngipin at nakaamba ang mga kuko sa huling yugto ng paghihingalo nito. Nais ba ninyong mabihag ng mga tusong pakana nito sa pagkakataong ito? Nais ba ninyong sirain ang inyong buong buhay kapag natapos na sa huli ang Aking gawain? Hinihintay ba ninyo na ipakita Kong muli ang Aking pagpaparaya? Ang paghahangad ng kaalaman tungkol sa Akin ang mahalaga, ngunit ang pagtutuon sa pagsasagawa ay kailangang-kailangan. Tuwirang inihayag sa inyo ang Aking mga salita, at umaasa Ako na masusunod ninyo ang Aking patnubay, at hindi na kayo magkakaroon ng mga plano at ambisyon para sa inyong sarili.

Pebrero 27, 1992

Kabanata 7

Lahat ng sangay sa kanluran ay dapat makinig sa Aking tinig:

Noong araw, naging tapat ba kayo sa Akin? Nakinig ba kayo sa napakagaling Kong mga payo? Makatotohanan ba ang inyong mga inaasam at hindi malabo at walang katiyakan? Ang katapatan, pagmamahal, at pananampalataya ng sangkatauhan—wala kundi yaong nagmumula sa Akin, wala kundi yaong Aking ipinagkaloob. Mga tao Ko, kapag nakikinig kayo sa Aking mga salita, nauunawaan ba ninyo ang Aking kalooban? Nakikita ba ninyo ang Aking puso? Sa kabila ng katotohanan na, noong araw, habang kayo ay nasa landas ng pagseserbisyo, nagdanas kayo ng mga tagumpay at kabiguan, ng mga pagsulong at sagabal, at mga okasyon na nanganib kayong bumagsak at ipagkanulo pa Ako, alam ba ninyo na sa bawat sandali ay palagi Ko kayong inililigtas? Na sa bawat sandali ay lagi Akong bumibigkas sa Aking tinig upang tawagin at sagipin kayo? Napakaraming beses na kayong nahulog sa mga bitag ni Satanas; napakaraming beses na kayong nasilo sa mga bitag ng sangkatauhan; napakaraming beses na kayong

nabigong palayain ang inyong sarili at nagsimula sa walang-katapusang pakikipagtalos sa isa't isa. Napakaraming beses nang nakapasok ang inyong katawan sa Aking sambahayan habang hindi matagpuan ang inyong puso kahit saan. Magkagayunman, napakaraming beses Ko nang naiabot ang Aking nagliligtas na kamay upang suportahan kayo, at napakaraming beses Ko nang naisaboy sa inyo ang mga binhi ng Aking awa. Napakaraming beses Ko nang hindi natiis na makita ang inyong kaawa-awang kalagayan pagkatapos magdusa; napakaraming beses.... Alam ba ninyo ito?

Gayunman, ngayon, sa Aking pag-iingat, sa wakas ay nadaig na ninyo ang lahat ng hirap, at nagagalak Akong kasama ninyo; ito ang pagniningning ng Aking karunungan. Magkagayunman, tandaan ninyo itong mabuti! Sino ang bumagsak na, habang nananatili kayong matatag? Sino ang naging matatag, nang hindi nagkaroon ng mga sandali ng kahinaan? Sa mga tao, sino ang nagtamasa na ng anumang pagpapalang hindi nagmula sa Akin? Sino ang nakaranas na ng anumang kasawiang hindi nagmula sa Akin? Maaari kaya na tumatanggap lamang ng basbas ang lahat ng nagmamahal sa Akin? Maaari kaya na nangyari kay Job ang mga kasawian dahil nabigo siyang mahalin Ako, na sa halip ay pinili niyang labanan Ako? Maaari kaya na nagawa Akong paglingkuran ni Pablo nang may katapatan sa Aking presensya dahil nagawa niyang tunay Akong mahalin? Bagama't maaaring naninindigan kayo sa Aking patotoo, mayroon bang sinuman sa inyo na ang patotoo ay walang halong mga dumi na tulad ng lantay na ginto? May kakayahan ba ang mga tao na magkaroon ng tunay na katapatan? Na ang inyong patotoong nagdudulot ng kasiyahan sa Akin ay hindi salungat sa inyong "katapatan," dahil hindi Ako kailanman nanghingi nang labis kaninuman. Batay sa orihinal na layunin ng Aking plano, kayong lahat ay magiging "mga produktong may-depekto"—hindi umaabot sa pamantayan. Hindi ba ito isang halimbawa ng sinabi Ko sa inyo tungkol sa "pagsasaboy ng mga butil ng awa"? Pagliligtas Ko ba ang inyong nakikita?

Dapat ninyong gunitain at alalahaning lahat: Mula nang bumalik kayo sa Aking sambahayan, mayroon bang sinuman sa inyo na kumilala sa Akin sa paraang ginawa ni Pedro, nang hindi iniisip ang mga matatamo ninyo o mawawala sa inyo? Naisaulo nga ninyo nang husto ang mabababaw na parte ng Bibliya, ngunit naunawaan ba ninyo ang diwa nito? Sa gayon, kumakapit pa rin kayo sa inyong "puhunan," at tumatangging tunay na pakawalan ang inyong sarili. Kapag bumibigkas Ako, kapag nagsasalita Ako sa inyo nang harapan, sino sa inyo ang nagbaba ng nakasarang balumbon upang tanggapin ang mga salita ng buhay na Aking inihahayag? Wala kayong galang sa Aking mga salita, ni hindi ninyo pinahahalagahan ang mga ito. Sa halip, ginagamit ninyo ang mga iyon para paputukan ang inyong mga kaaway na parang machine gun upang mapanatili ang inyong sariling katayuan; hindi ninyo sinisikap ni katiting na tanggapin ang Aking paghatol upang makilala Ako. Bawat isa sa inyo ay nagtututok ng armas sa ibang tao; lahat kayo ay "hindi makasarili" at "iniisip ang kapakanan ng iba" sa bawat sitwasyon. Hindi ba ito mismo ang ginagawa ninyo kahapon? At ngayon? Tumaas na nang ilang puntos ang inyong "katapatan," at medyo mas bihasa na kayong lahat at medyo mas

hinog na; dahil dito, naragdagan na nang kaunti ang inyong “takot” sa Akin, at walang isa mang “kumikilos nang basta-basta.” Bakit kayo umiiral sa kalagayang ito ng walang-hanggang pagsasawalang-kibo? Bakit walang matagpuang mga positibong aspeto sa inyo kahit saan? O, mga tao Ko! Matagal nang lumipas ang nakaraan; hindi na ninyo kailangan pang mangunyapit dito. Dahil nanindigan ka kahapon, dapat mong ibigay sa Akin ngayon ang iyong taos-pusong katapatan; bukod pa riyan, dapat kang magbigay ng magandang patotoo para sa Akin bukas, at mamanahin mo ang Aking basbas sa hinaharap. Ito ang dapat ninyong maunawaan.

Bagama’t wala Ako sa inyong harapan, tiyak na magkakaloob ng biyaya ang Aking Espiritu sa inyo. Umaasa Ako na pakakaingatan ninyo ang Aking mga pagpapala at, sa pag-asa sa mga ito, magagawa ninyong kilalanin ang inyong sarili. Huwag ninyong gawing puhunan ang mga ito; sa halip, dapat ninyong gamitin ang Aking mga salita upang punan kung ano ang kulang sa inyo, at kunin mula rito ang inyong mga positibong elemento. Ito ang mensaheng ipinamamana Ko sa inyo!

Pebrero 28, 1992

Kabanata 8

Kapag nasa rurok na ang Aking mga paghahayag, at natapos na ang Aking paghatol, iyon ang panahon kung kailan lahat ng Aking tao ay mabubunyag at magagawang ganap. Naglilibot Ako sa lahat ng sulok ng mundo ng sansinukob sa walang-katapusang paghahanap sa mga yaon na nakaayon sa Aking layon at akma na kasangkapanin Ko. Sino ang maaaring tumayo at makipagtulungan sa Akin? Ang pagmamahal ng mga tao sa Akin ay kakatiting, at ang kanilang pananampalataya sa Akin ay napakaliit. Kung hindi Ko idinirekta ang sidhi ng Aking mga salita sa mga kahinaan ng mga tao, magyayabang sila at magmamalabis, na nangangaral at lumilikha ng bonggang mga teorya, na para bang alam nila ang lahat at napakarunong nila patungkol sa mga bagay sa lupa. Sa mga “tapat” sa Akin noong araw, at yaong “naninindigan” sa Aking harapan, sino ang nangangahas pa ring magsalita nang may kayabangan? Sino ang hindi lihim na nagagalak sa sarili nilang mga inaasam? Nang hindi Ko tuwirang inilantad ang mga tao, wala silang napagtaguan at nagdusa sila sa kahihyan. Gaano pa kaya ito kalala kung nagsalita Ako sa ibang paraan? Lalo pang makakaramdam ng pagkakautang ang mga tao, maniniwala na walang anumang makakagamot sa kanila, at lahat ay lalong magagapos ng kanilang pagsasawalang-kibo. Kapag nawawalan ng pag-asa ang mga tao, pormal na umaalingawngaw ang pagpugay sa kaharian, na, tulad ng sabi ng mga tao, “ang panahon kung kailan nagsisimulang gumawa ang Espiritung pitong beses na pinaigting.” Sa madaling salita, ito ay kung kailan opisyal na nagsisimula ang buhay ng kaharian sa lupa; kung kailan lumalabas ang Aking pagka-Diyos upang kumilos nang

tuwiran (nang walang “pagpoproseso” sa utak). Lahat ng tao ay abala, na para bang muli silang nabuhay o nagising mula sa isang panaginip, at, pagkagising, ay namanghang matagpuan ang kanilang sarili sa ganoong sitwasyon. Noong araw, marami Akong sinabi tungkol sa pagtatayo ng iglesia; inihayag Ko ang maraming hiwaga, ngunit nang nasa rurok na ang gawain, bigla itong nagwakas. Gayunman, ang pagtatayo ng kaharian ay iba. Kapag umabot ang digmaan sa espirituwal na dako sa huling yugto nito, saka Ko lamang sisimulang muli ang Aking gawain sa lupa. Ibig sabihin, kapag malapit nang tumalikod ang lahat ng tao, saka Ko lamang pormal na sisimulan at ibabangon ang Aking bagong gawain. Ang kaibhan sa pagitan ng pagtatayo ng kaharian at ng pagtatayo ng iglesia ay na sa pagtatayo ng iglesia, gumawa Ako sa pamamagitan ng isang pagkataong pinamahalaan ng pagka-Diyos; tuwiran Kong pinakitunguhan ang dating likas na pagkatao ng mga tao, na tuwirang ibinubunyag ang kanilang kapangitan at inilalantad ang kanilang kakanyahan. Dahil dito, nakilala nila ang kanilang sarili ayon dito, kaya nga sila nakumbinsi sa kanilang puso at sa kanilang mga salita. Sa pagtatayo ng kaharian, kumikilos Ako nang tuwiran sa pamamagitan ng Aking pagka-Diyos, at tinutulutan Ko ang lahat ng tao na malaman kung ano ang mayroon Ako at ano Ako batay sa pundasyon ng kanilang kaalaman sa Aking mga salita, na tinutulutan sila sa huli na magtamo ng kaalaman tungkol sa Akin bilang laman na nagkatawang-tao. Sa gayon nagwakas ang paghahangad ng buong sangkatauhan sa malabong Diyos, at sa gayon ay tumigil sila sa pagbibigay ng lugar sa kanilang puso para sa Diyos sa langit; ibig sabihin, hinahayaan Kong malaman ng sangkatauhan ang mga gawa na Aking ginagawa habang Ako ay isang laman na nagkatawang-tao, at gayon magwawakas ang Aking panahon sa lupa.

Ang pagtatayo ng kaharian ay tuwirang nakatuon sa espirituwal na dako. Ibig sabihin, ang kalagayan ng digmaan sa espirituwal na dako ay ginagawang malinaw nang tuwiran sa lahat ng Aking tao, at sapat na ito upang ipakita na hindi lamang sa loob ng iglesia, kundi pati na at lalo na sa Kapanahunan ng Kaharian, bawat tao ay palaging nasa digmaan. Sa kabila ng kanilang pisikal na katawan, ang espirituwal na dako ay tuwirang inihayag, at nakikipag-ugnayan sila sa buhay sa espirituwal na dako. Sa gayon, kapag nagsisimula kayong maging matapat, kailangan kayong maghanda nang wasto para sa susunod na bahagi ng Aking gawain. Dapat ninyong ibigay ang buong puso ninyo; saka lamang ninyo mapapalugod ang Aking puso. Wala Akong pakialam sa naunang nangyari sa iglesia; ngayon, ito ay nasa kaharian. Sa Aking plano, palagiang nakasunod si Satanas sa bawat hakbang at, bilang mapaghahambingan ng Aking karunungan, ay laging sinusubukang makahanap ng mga paraan upang gambalain ang Aking orihinal na plano. Subalit maaari ba Akong sumuko sa mapanlinlang na mga pakana nito? Lahat ng nasa langit at nasa lupa ay naglilingkod sa Akin; maaari pa bang maiba ang mapanlinlang na mga pakana ni Satanas? Dito mismo nagsasalikop ang Aking karunungan; ito mismo ang kamangha-mangha sa Aking mga gawa, at ito ang prinsipyo ng pagpapatakbo para sa Aking buong plano ng pamamahala. Sa panahon ng

pagtatayo ng kaharian, hindi Ko pa rin iniwasan ang mapanlinlang na mga pakana ni Satanas, kundi patuloy Kong ginagawa ang gawaing kailangan Kong gawin. Sa sansinukob at sa lahat ng bagay, napili Ko na ang mga gawa ni Satanas bilang Aking paghahambingan. Hindi ba ito pagpapakita ng Aking karunungan? Hindi ba ito mismo ang kamangha-mangha tungkol sa Aking gawain? Sa panahon ng pagpasok sa Kapanahunan ng Kaharian, lahat ng bagay sa langit at sa lupa ay lubos na nabago, at sila ay nagdiriwang at nagsasaya. Naiiba ba kayo? Kaninong puso ang walang tamis ng pulot? Sino ang hindi nag-uumapaw sa kagalakan? Sino ang hindi sumasayaw sa tuwa? Sino ang hindi sumasambit ng mga salita ng papuri?

Naiintindihan ba ninyo ang mga layunin at pinagmulan ng lahat ng Aking nabanggit at natalakay sa itaas, o hindi? Kung hindi Ko ito itinanong, maniniwala ang karamihan sa mga tao na puro daldal lamang Ako, at hindi Ko magagawang arukin ang pinagmulan ng Aking mga salita. Kung pagninilayan ninyong mabuti ang mga iyon, malalaman ninyo ang kahalagahan ng mga iyon. Makabubuting basahin mong mabuti ang mga ito: Alin sa Aking mga salita ang walang pakinabang sa iyo? Alin ang sadyang hindi magpapalago sa iyong buhay? Alin ang hindi bumabanggit sa realidad ng espirituwal na dako? Naniniwala ang karamihan sa mga tao na walang katwiran o dahilan sa Aking mga salita, na walang paliwanag at interpretasyon ang mga ito. Talaga bang napakalabo at mahiwaga ang Aking mga salita? Tunay ba kayong nagpapasakop sa Aking mga salita? Tunay ba ninyong tinatanggap ang Aking mga salita? Hindi ba ninyo ito pinaglalaruan? Hindi mo ba ginagamit ang mga ito bilang damit para takpan ang pangit mong hitsura? Sa malawak na mundong ito, sino ang personal Ko nang nasuri? Sino ang personal na nakarinig sa mga salita ng Aking Espiritu? Napakaraming taong nangangapa at naghahanap sa dilim; napakaraming nagdarasal sa gitna ng kahirapan; napakarami, gutom at giniginaw, ang nakamasid na umaasa; at napakaraming iginapos ni Satanas; subalit napakaraming hindi alam kung saan babaling, napakaraming nagtataksil sa Akin sa gitna ng kanilang kaligayahan, napakarami ang walang utang na loob, napakaraming walang utang na loob, at napakaraming tapat sa mapanlinlang na mga pakana ni Satanas. Sino sa inyo si Job? Sino si Pedro? Bakit paulit-ulit Kong nabanggit si Job? Bakit Ko natukoy si Pedro nang napakaraming beses? Natiyak na ba ninyo kung ano ang mga inaasam Ko para sa inyo? Dapat kayong gumugol ng mas maraming oras sa pagninilay sa gayong mga bagay.

Si Pedro ay tapat sa Akin sa loob ng maraming taon, subalit hindi siya bumulung-bulong ni nagreklamo kailanman; kahit si Job ay hindi niya kapantay at, sa nagdaang mga kapanahunan, lahat ng banal ay hindi nakapantay kay Pedro. Hindi lamang niya hinangad na makilala Ako, kundi nakilala rin niya Ako sa isang panahon kung kailan isinasakatuparan ni Satanas ang mapanlinlang na mga pakana nito. Humantong ito sa paglilingkod ni Pedro sa Akin sa loob ng maraming taon, na laging nakaayon sa Aking kalooban, at dahil dito, hindi siya napagsamantalahan ni Satanas kailanman. Natuto si Pedro mula sa pananampalataya ni Job, subalit malinaw niya ring nahiwatigan ang mga

pagkukulang ni Job. Bagama't naging matindi ang pananampalataya ni Job, wala siyang kaalaman tungkol sa mga bagay sa espirituwal na dako, kaya marami siyang sinabing mga salita na hindi tugma sa realidad; nagpapakita ito na ang kaalaman ni Job ay mababaw pa at hindi maaaring maging gawing perpekto. Samakatuwid, palaging nagtuon si Pedro sa pagtatamo ng diwa ng espiritu, at laging nakatuon sa pagmamasiid sa mga kalakaran ng espirituwal na dako. Dahil dito, hindi lamang niya natiyak ang isang bagay sa Aking mga inaasam, kundi nagkaroon din ng kaunting kaalaman tungkol sa mapanlinlang na mga pakana ni Satanas. Dahil dito, mas dumami pa ang kanyang kaalaman tungkol sa Akin kaysa kaninuman sa pagdaan ng mga kapanahunan.

Mula sa karanasan ni Pedro, hindi mahirap makita na kung nais Akong makilala ng mga tao, kailangan silang magsaaalang-alang nang husto sa loob ng kanilang espiritu. Hindi Ko hinihiling na ipakita mo na "naglalaan" ka ng ilang bahagi sa Akin; hindi ito gaanong mahalaga. Kung hindi mo Ako kilala, lahat ng pananampalataya, pagmamahal, at katapatang binabanggit mo ay mga ilusyon lamang; bula ang mga ito, at tiyak na magiging isa kang tao na labis na naghahambog sa Aking harapan ngunit hindi kilala ang kanyang sarili. Sa gayon, minsan ka pang mabibitag ni Satanas at hindi ka makakawala; magiging isa kang anak ng kapahamakan at isang pakay ng pagwasak. Gayunman, kung nanlalamig ka at wala kang pakialam sa Aking mga salita, walang dudang kontra ka sa Akin. Ito ay totoo, at makabubuting tumingin ka sa pasukan ng espirituwal na dako sa marami at iba-ibang espiritung nakastigo Ko. Sino sa kanila, na naharap, walang kibo, walang malasakit, at ayaw tumanggap sa Aking mga salita? Sino sa kanila ang hindi mapangutya sa Aking mga salita? Sino sa kanila ang hindi sumubok na maghanap ng mali sa Aking mga salita? Sino sa kanila ang hindi gumamit ng Aking mga salita bilang "mga sandatang pananggalang" para "protektahan" ang sarili nila? Hindi nila ginamit ang nilalaman ng Aking mga salita bilang isang paraan para makilala Ako, kundi para paglaruan lamang. Dahil dito, hindi ba nila Ako direktang nilalabanan? Sino ang Aking mga salita? Sino ang Aking Espiritu? Napakaraming beses Ko nang naitanong sa inyo ang gayong mga bagay, subalit nagkaroon na ba kayo ng mas mataas at malinaw na mga kabatiran tungkol sa mga ito? Talaga bang naranasan na ninyo ang mga ito? Minsan Ko pa kayong pinapaalalahanan: Kung hindi ninyo alam ang Aking mga salita, ni hindi ninyo tinatanggap ang mga ito, ni hindi ninyo isinasagawa ang mga ito, siguradong magiging mga pakay kayo ng Aking pagkastigo! Siguradong magiging mga biktima kayo ni Satanas!

Pebrero 29, 1992

Kabanata 9

Yamang isa ka sa mga tao sa Aking sambahayan, at yamang tapat ka sa Aking kaharian, kailangan mong sumunod sa mga pamantayan ng Aking mga kinakailangan sa lahat ng iyong ginagawa. Hindi Ko hinihiling na maging isa kang ulap lamang na nakalutang, kundi na maging makislap kang niyebe, at magtaglay ng kakanyahan nito at, higit pa ryan, ng kahalagahan nito. Dahil Ako ay nagmula sa banal na lupain, hindi Ako katulad ng lotus, na may pangalan lamang at walang kakanyahan, sapagkat nagmumula iyon sa putikan at hindi sa banal na lupain. Ang panahon na bumababa ang isang bagong langit sa ibabaw ng mundo at lumalaganap ang isang bagong mundo sa ibabaw ng kalangitan ay ang panahon din mismo na Ako ay pormal na gumagawa sa mga tao. Sino sa sangkatauhan ang nakakakilala sa Akin? Sino ang nakakita sa sandali ng Aking pagdating? Sino ang nakakita na hindi lamang Ako may pangalan, kundi, bukod pa ryan, may taglay rin Akong kakanyahan? Hinahawi Ko ang mga puting ulap gamit ang Aking kamay at pinagmamasdang mabuti ang kalangitan; walang anuman sa kalawakan na hindi isinaayos ng Aking kamay, at sa ilalim nito, walang sinumang hindi nag-aambag ng kanyang munting pagsisikap para sa katuparan ng Aking makapangyarihang misyon. Hindi Ako gumagawa ng mabibigat na kahilingan sa mga tao sa lupa, sapagkat noon pa man ay Ako na ang praktikal na Diyos at dahil Ako ang Makapangyarihan sa lahat na lumikha sa mga tao at nakakakilala sa kanila nang lubusan. Lahat ng tao ay haharap sa mga mata ng Makapangyarihan sa lahat. Paano pa makakaiwas pati na ang mga nasa pinakaliblib na sulok ng mundo sa pagsisiyasat ng Aking Espiritu? Bagama't "kilala" ng mga tao ang Aking Espiritu, nagkakasala pa rin sila sa Aking Espiritu. Inilalantad ng Aking mga salita ang mga pangit na mukha ng lahat ng tao, gayundin ang pinakamalalalim nilang saloobin, at ginagawang payak ng Aking liwanag ang lahat ng nasa lupa at ibinubuwal sila sa gitna ng Aking pagsisiyasat. Gayunman, sa kabila ng pagkabuwal, hindi nangangahas ang kanilang puso na lumayo sa Akin. Sa mga nilikha, sino ang hindi natututong magmahal sa Akin dahil sa Aking mga gawa? Sino ang hindi nasasabik sa Akin dahil sa Aking mga salita? Kaninong damdamin ang hindi napapalapit dahil sa Aking pagmamahal? Dahil lamang sa pagtitiwali ni Satanas kaya hindi maabot ng mga tao ang katayuang hinihiling Ko. Kahit ang pinakamababang mga pamantayang hinihiling Ko ay nagdudulot ng mga pag-aalinlangan sa mga tao, huwag nang banggitin pa ang ngayon—ang panahong ito kung kailan nagwawala si Satanas at mapaniil na parang baliw—o ang panahong malubhang tinapakan ni Satanas ang mga tao kaya punung-puno ng dumi ang kanilang buong katawan. Kailan ba Ako hindi nagdalamhati sa kabiguan ng mga tao na magmalasakit sa Aking puso bunga ng kanilang kabuktutan? Maaari kayang kinaaawaan Ko si Satanas? Maaari kayang nagkakamali Ako sa Aking pagmamahal? Kapag sinusuway Ako ng mga tao, lihim na tumatangis ang puso Ko; kapag nilalabanan nila Ako, kinakastigo Ko sila; kapag inililigtas Ko sila at binubuhay silang muli mula sa mga patay,

pinangangalagaan Ko sila nang husto; kapag nagpapasakop sila sa Akin, madaling nakakapahinga ang puso Ko at agad Kong nadarama ang malalaking pagbabago sa langit at sa lupa at sa lahat ng bagay. Kapag pinupuri Ako ng tao, paanong hindi Ako masisiyahan doon? Kapag sinasaksihan nila Ako at nakakamit Ko sila, paano Ako hindi makapagtatamo ng kaluwalhatian? Maaari kaya na paano man kumilos at umasal ang mga tao ay hindi Ako ang namahala at tumustos? Kapag hindi Ako nagbigay ng direksyon, tamad at walang kibo ang mga tao; bukod pa ryan, kapag nakatalikod Ako, nakikibahagi sila roon sa mga “kapansin-pansin” na maruruming pakikitungo. Sa tingin mo ba ang katawang-tao, na isinusuot Ko Mismo, ay walang alam sa iyong mga kilos, iyong asal, at iyong mga salita? Natiis Ko na nang maraming taon ang hangin at ulan, at naranasan Ko na rin ang kapaitan ng mundo ng tao; gayunman, sa masusing pagbubulay-bulay, gaano mang pagdurusa ang danasin ay hindi mawawalan ng pag-asa sa Akin ang sangkatauhang may laman, lalong hindi maaaring manlamig, manlumo, o magbalewala sa Akin ang mga tao sanhi ng anumang katamisan. Limitado ba talaga ang pagmamahal nila sa Akin sa kawalan ng pagdurusa o kawalan ng katamisan?

Ngayon, nananahan Ako sa katawang-tao, at opisyal Ko nang sinimulang isagawa ang gawaing kailangan Kong gawin. Bagama’t takot ang mga tao sa tinig ng Aking Espiritu, sinasalungat nila ang kakanyahan ng Aking Espiritu. Hindi Ko kailangang idetalye kung gaano kahirap para sa sangkatauhan na kilalanin Ako na nasa katawang-tao sa Aking mga salita. Tulad ng nasabi Ko noon, hindi Ako mapaghanap sa Aking mga kahilingan, at hindi ninyo kailangang makamit ang buong kaalaman tungkol sa Akin (sapagkat ang tao ay may kakulangan; ito ay isang likas na kundisyon, at hindi mapupunan ng natamong kundisyon). Kailangan lamang ninyong malaman ang lahat ng Aking ginawa at sinambit sa anyo ng katawang-tao. Yamang ang Aking mga kahilingan ay hindi mapaghanap, inaasahan Ko na malalaman ninyo ang mga gawa at salitang ito, at na magtatagumpay kayong makamit ito. Kailangan ninyong alisin sa inyong sarili ang inyong mga karumihan sa maruming mundong ito, kailangan ninyong magpunyaging umunlad sa paurong na “pamilya ng mga emperador” na ito, at huwag kayong maging maluwag sa inyong sarili. Hindi ka dapat maging maluwag sa iyong sarili ni katiting. Kakailanganin mong mag-ukol ng malaking panahon at pagsisikap na malaman kung ano ang Aking binibigkas sa loob ng isang araw, at habambuhay ang kailangan upang maranasan at matamo ang kaalaman mula sa kahit na isang pangungusap na Aking sinambit. Ang mga salitang Aking sinasambit ay hindi malabo at hindi mahirap unawain; hindi ito hungkag na pananalita. Maraming taong umaasa na matamo ang Aking mga salita, ngunit hindi Ko sila iniintindi; maraming taong nauuhaw sa Aking kasaganaan, ngunit hindi Ko sila binibigyan kahit kaunti; maraming taong nagnanais na makita ang Aking mukha, subalit itinago Ko na ito magpakailanman; maraming taong taimtim na nakikinig sa Aking tinig, ngunit ipinipikit Ko ang Aking mga mata at itinitingala ang Aking ulo, na di-natitinag ng kanilang “pananabik”; maraming taong takot sa tunog ng Aking tinig, ngunit ang Aking mga salita ay palaging nakakasakit; maraming taong takot na

makita ang Aking pagmumukha, ngunit sadya Akong lumilitaw upang pabagsakin sila. Hindi pa talaga nakita ng mga tao ang Aking mukha, ni hindi pa nila talaga narinig ang Aking tinig; ito ay dahil hindi nila Ako talaga kilala. Bagama't maaari Ko silang pabagsakin, bagama't maaari nila Akong iwan, at bagama't maaari silang kastiguhin ng Aking kamay, hindi pa rin nila alam kung lahat ng kanilang ginagawa ay talagang kaayon ng Aking puso, at wala pa rin silang alam kung kanino Ko mismo inihahayag ang Aking puso. Mula nang likhain ang mundo, wala pa ni isang talagang nakakilala sa Akin o talagang nakakita sa Akin, at bagama't Ako ay naging tao ngayon, hindi pa rin ninyo Ako kilala. Hindi ba ito totoo? Namasdan mo na ba kailanman ang kahit kaunti ng Aking mga kilos at disposisyon sa katawang-tao?

Sa langit Ako nakahilig, at sa silong ng langit Ako nakasusumpong ng kapahingahan. Mayroon Akong matatahanan, at may panahon Ako para ipamalas ang Aking mga kapangyarihan. Kung wala Ako sa lupa, kung hindi Ko itinago ang Sarili Ko sa loob ng katawang-tao, at kung hindi Ako nagpakumbaba at nagtago, hindi kaya matagal nang nabago ang langit at lupa? Kayo kaya, na Aking mga tao, ay nakasangkapan Ko na? Gayunman, may karunungan sa Aking mga kilos, at bagama't lubos Kong alam ang panlilinlang ng mga tao, hindi Ko sinusundan ang kanilang halimbawa, kundi sa halip ay binibigyan Ko sila ng isang bagay bilang kapalit. Ang Aking karunungan sa espirituwal na dako ay walang pagkaubos, at ang Aking karunungan sa katawang-tao ay walang hanggan. Hindi ba ito ang panahon mismo kung kailan ginagawang malinaw ang Aking mga gawa? Napatawad at napawalang-sala Ko na ang mga tao nang maraming beses, hanggang sa araw na ito, sa Kapanahunan ng Kaharian. Maaari Ko ba talagang antalahin pa ang Aking panahon? Bagama't Ako ay medyo naging mas maawain sa marurupok na tao, kapag nakumpleto ang Aking gawain, maaari Ko pa rin bang guluhin ang Sarili Ko sa paggawa ng mga dating gawain? Maaari Ko bang sadyang tulutan si Satanas na paratangan Ako? Hindi Ko kailangan ang mga tao para gawin ang anuman kundi tanggapin ang realidad ng Aking mga salita at ang orihinal na kahulugan nito. Bagama't simple ang Aking mga salita, masalimuot ang kakanyahan nito, sapagkat napakaliit ninyo at masyado na kayong manhid. Kapag tuwiran Kong inihahayag ang Aking mga hiwaga at pinalilinaw ang Aking kalooban sa katawang-tao, hindi ninyo ito pinapansin; nakikinig kayo sa mga tunog, ngunit hindi ninyo nauunawaan ang kahulugan ng mga ito. Dinaraig Ako ng kalungkutan. Bagama't Ako ay nasa katawang-tao, hindi Ko magawa ang gawain ng ministryo ng katawang-tao.

Sino na ang nakaalam sa Aking mga gawa sa katawang-tao mula sa Aking mga salita at pagkilos? Kapag inihayag Ko ang Aking mga hiwaga sa panulat, o sinambit Ko ang mga iyon nang malakas, natutulala ang lahat ng tao; ipinipikit nila ang kanilang mga mata nang tahimik. Bakit hindi maunawaan ng mga tao ang Aking sinasabi? Bakit sila nahihirapang maarok ang Aking mga salita? Bakit napakabulag nila sa Aking mga gawa? Sino ang nakakakita sa Akin at hindi nakakalimot kailanman? Sino sa kanila ang nakakarinig sa Aking tinig at hindi pumapayag na makalagpas ito sa kanila? Sino ang

nakadarama sa Aking kalooban at nakakalugod sa Aking puso? Nananahan at kumikilos Ako sa piling ng mga tao; naranasan Ko na ang kanilang buhay—at bagama't nadama Ko na mabuti ang lahat matapos Kong likhain ang mga ito para sa sangkatauhan, hindi Ako nagagalak sa buhay sa piling ng mga tao, at hindi Ako natutuwa sa anumang kaligayahan sa piling nila. Hindi Ko sila kinamumuhian at tinatanggi, ngunit hindi rin Ako nagpapadala sa damdamin sa kanila—sapagkat hindi Ako kilala ng mga tao, nahihirapan silang makita ang Aking mukha sa dilim; sa gitna ng lahat ng kaingayan, nahihirapan silang marinig ang Aking tinig at hindi nila mahiwatigan ang Aking sinasabi. Sa gayon, sa tingin, lahat ng inyong ginagawa ay pagpapasakop sa Akin, ngunit sa inyong puso, sinusuwat pa rin ninyo Ako. Masasabi na ito ang kabuuan ng dating likas na pagkatao ng sangkatauhan. Sino ang hindi kasama? Sino ang hindi pakay ng Aking pagkastigo? Gayunman, sino ang hindi nananahan sa ilalim ng Aking pagpaparaya? Kung winasak ng Aking poot ang buong sangkatauhan, ano ang magiging kabuluhan ng Aking paglikha ng kalangitan at lupa? Minsan Kong binalaan ang maraming tao, pinayuhan ang maraming tao, at hayagang hinatulan ang maraming tao—hindi ba mas mainam ito kaysa tuwirang wasakin ang sangkatauhan? Ang Aking layunin ay hindi para patayin ang tao, kundi para malaman nila ang lahat ng Aking gawa sa gitna ng Aking paghatol. Kapag pumaitaas kayo mula sa walang-hanggang kalaliman—ibig sabihin, kapag pinakawalan ninyo ang inyong sarili mula sa Aking paghatol—ang mga personal ninyong isinasaalang-alang at mga plano ay maglalahong lahat, at lahat ng tao ay hahangaring mapalugod Ako. Dito, hindi ba nakamit Ko na ang Aking layunin?

Marso 1, 1992

Kabanata 10

Ang Kapanahunan ng Kaharian, kunsabagay, ay naiiba sa mga panahong nakaraan. Hindi ito tungkol sa kung paano kumikilos ang sangkatauhan; sa halip, bumaba na Ako sa lupa upang personal na isagawa ang Aking gawain, na isang bagay na hindi maiisip ni maisasakatuparan ng mga tao. Sa loob ng napakaraming taon, mula nang likhain ang mundo, ang gawain ay tungkol lamang sa pagtatayo ng iglesia, ngunit hindi kailanman naririnig ng sinuman ang pagtatayo ng kaharian. Kahit sinasambit Ko ito sa sarili Kong bibig, mayroon bang sinumang nakakaalam sa kakanyahan nito? Minsan na Akong bumaba sa mundo ng mga tao at naranasan at namasdan Ko ang kanilang pagdurusa, ngunit ginawa Ko iyon nang hindi tinutupad ang layunin ng Aking pagkakatawang-tao. Kapag umusad na ang pagtatayo ng kaharian, ang Aking nagkatawang-taong laman ay pormal nang sinimulang gampanan ang Aking ministeryo; ibig sabihin, ang Hari ng kaharian ay pormal nang ginamit ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan. Mula rito maliwanag na ang pagbaba ng kaharian sa mundo ng tao—na hindi lamang isang literal

na pagpapakita—ay isang aktwal na realidad; ito ay isang aspeto ng kahulugan ng “ang realidad ng pagsasagawa.” Hindi kailanman nakita ng mga tao ni isa sa Aking mga kilos, ni hindi nila narinig kailanman ni isa sa Aking mga pagbigkas. Kahit nakita nila ang Aking mga kilos, ano ang matutuklasan nila? At kung narinig man nila Akong magsalita, ano ang kanilang mauunawaan? Sa buong mundo, lahat ay umiiral ayon sa Aking awa at kagandahang-loob, ngunit pati na buong sangkatauhan ay napapailalim sa Aking paghatol, at sumasailalim din sa Aking mga pagsubok. Naging maawain at mapagmahal Ako sa sangkatauhan, kahit noong nagawa silang tiwaling lahat sa ilang antas; nakastigo Ko na sila, kahit noong nagpasakop silang lahat sa harap ng Aking luklukan. Gayunman, mayroon bang sinumang tao na wala sa gitna ng pagdurusa at pagpipino na Aking naipadala? Napakaraming taong nangangapa sa dilim para sa liwanag, at napakaraming nahihirapan nang buong kapaitan sa kanilang mga pagsubok. Si Job ay may pananampalataya, ngunit hindi ba siya naghahanap noon ng paraan para makalabas para sa kanyang sarili? Bagama’t makakapanindigan ang Aking mga tao sa harap ng mga pagsubok, mayroon bang sinumang may pananampalataya, nang hindi ito binibigkas nang malakas, sa kanyang kaibuturan? Sa halip, hindi kaya nagsasatinig ang mga tao ng kanilang paniniwala habang nagkikimkim pa rin ng mga pag-aalinlangan sa kanilang mga puso? Walang sinumang mga taong nakapanindigan sa pagsubok o tunay na nagpasakop sa oras ng pagsubok. Kung hindi Ko tinakpan ang Aking mukha para maiwasang tumingin sa mundong ito, babagsak ang buong sangkatauhan sa ilalim ng Aking nakakapasong titig, sapagkat wala Akong anumang hinihiling sa sangkatauhan.

Kapag umalingawngaw ang pagpupugay sa kaharian—na kasabay ng pagdagundong ng pitong kulog—ang tunog na ito ay nagpapangatal sa langit at lupa, nagpapayanig sa kaitaasan ng langit at nagsasanhi ng panginginig ng damdamin ng bawat tao. Pormal na pumapailanlang ang awit sa kaharian sa lupain ng malaking pulang dragon, na nagpapatunay na nawasak Ko na ang bansang iyon at naitatag ang Aking kaharian. Ang mas mahalaga pa, nakatatag ang Aking kaharian sa lupa. Sa sandaling ito, sinisimulan Kong isugo ang Aking mga anghel sa bawat isa sa mga bansa ng mundo upang maakay nila ang Aking mga anak, ang Aking mga tao; ito ay para din matugunan ang mga kinakailangan sa susunod na hakbang ng Aking gawain. Gayunman, personal Akong pumunta sa lugar kung saan nakapulupot ang malaking pulang dragon, at nakikipaglaban dito. Kapag ang buong sangkatauhan ay nakilala Ako sa katawang-tao at nakikita nila ang Aking mga gawa sa katawang-tao, magiging abo ang pugad ng malaking pulang dragon at maglalaho nang walang bakas. Bilang mga tao ng Aking kaharian, dahil hanggang buto ang pagkamuhi ninyo sa malaking pulang dragon, kailangan ninyong palugurin ang Aking puso sa inyong mga kilos, at sa ganitong paraan ay mapapahiya ang dragon. Talaga bang nadarama ninyo na kasuklam-suklam ang malaking pulang dragon? Talaga bang nadarama ninyo na ito ang kaaway ng Hari ng kaharian? Talaga bang mayroon kayong pananampalataya na maaari kayong magbahagi ng magandang patotoo sa Akin? Talaga bang tiwala kayo na matatalo ninyo ang

malaking pulang dragon? Ito ang hinihiling Ko sa inyo; ang tanging kailangan Ko ay makaabot kayo sa hakbang na ito. Magagawa ba ninyo ito? May pananampalataya ba kayo na magagawa ninyo ito? Ano ba talaga ang kayang gawin ng mga tao? Hindi ba mas mainam na Ako Mismo ang gumawa nito? Bakit Ko sinasabi na personal Akong bumababa sa lugar kung saan makakasali sa labanan? Ang nais Ko ay ang inyong pananampalataya, hindi ang inyong mga gawa. Lahat ng tao ay walang kakayahang tanggapin ang Aking mga salita sa tuwirang paraan, at sa halip ay sumusulyap lamang nang patagilid sa kanila. Nakatulong ba ito na makamtan ninyo ang inyong mga layunin? Nakilala na ba ninyo Ako sa ganitong paraan? Ang totoo, sa mga tao sa lupa, walang sinumang may kakayahang tingnan Ako nang tuwid sa mukha, at walang sinumang magagawang tanggapin ang dalisay at lantay na kahulugan ng Aking mga salita. Samakatuwid ay nagpasimula na Ako ng isang walang-katulad na proyekto sa ibabaw ng lupa, upang makamit ang Aking mga layunin at maitatag ang tunay Kong larawan sa puso ng mga tao. Sa ganitong paraan, wawakasan Ko ang panahon kung kailan nangingibabaw ang mga kuru-kuro ng mga tao.

Ngayon, hindi lamang Ako bumababa sa bansa ng malaking pulang dragon, bumabaling din Ako upang humarap sa buong sansinukob, na nagpapayanig sa buong kaitaasan ng langit. Mayroon bang iisang lugar kahit saan na hindi sumasailalim sa Aking paghatol? Mayroon bang iisang lugar na hindi umiiral sa ilalim ng mga kalamidad na ibinubuhos Ko roon? Saanman Ako magtungo, nagpakalat na Ako ng lahat ng uri ng “mga binhi ng sakuna.” Isa ito sa mga paraan ng Aking paggawa, at walang dudang isang gawa ng pagliligtas para sa sangkatauhan, at ang ipinaaabot Ko sa kanila ay isang uri pa rin ng pagmamahal. Nais Kong tulutan ang mas maraming tao na makilala Ako at makita Ako, at sa ganitong paraan, magpitagan sa isang Diyos na hindi nila nakikita sa loob ng napakaraming taon ngunit ngayon mismo ay totoo. Bakit Ko nilikha ang mundo? Bakit, matapos maging tiwali ang mga tao, hindi Ko sila tuluyang nilipol? Bakit nabubuhay ang buong sangkatauhan sa gitna ng mga kalamidad? Ano ang Aking layunin sa pagkakatawang-tao? Kapag ginagampanan Ko ang Aking gawain, natitikman ng sangkatauhan hindi lamang ang pait, kundi maging ang tamis. Sa lahat ng tao sa mundo, sino ang hindi nabubuhay sa loob ng Aking biyaya? Kung hindi Ko napagkalooban ang mga tao ng materyal na mga pagpapala, sino sa mundo ang makakapagtamasa ng kasaganaan? Isang pagpapala kaya ang pagtutulot sa inyo na kunin ang inyong lugar bilang Aking mga tao? Kung hindi kayo Aking mga tao, kundi sa halip ay mga tagapagsilbi, hindi ba kayo mabubuhay sa loob ng Aking mga pagpapala? Wala ni isa sa inyo ang may kakayahang arukin ang pinagmulan ng Aking mga salita. Ang sangkatauhan—sa halip na pahalagahan ang mga titulong Aking iginawad sa kanila, napakarami sa kanila, dahil sa titulong “tagapagsilbi,” ay nagkikimkim ng sama ng loob sa kanilang puso, at napakarami, dahil sa titulong “Aking mga tao,” ang nagmamahal sa Akin sa kanilang puso. Hindi dapat subukin ninuman na lokohin Ako; nakikita ng Aking mga mata ang lahat! Sino sa inyo ang tumatanggap nang maluwag sa

kalooban, sino sa inyo ang ganap na sumusunod? Kung hindi umalingawngaw ang pagpupugay sa kaharian, talaga bang magagawa ninyong magpasakop hanggang wakas? Ano ang kayang gawin at isipin ng mga tao, at gaano kalayo ang kaya nilang marating—lahat ng bagay na ito ay matagal Ko nang itinalaga.

Karamihan sa mga tao ay tumatanggap ng Aking pagsusunog sa liwanag ng Aking mukha. Karamihan sa mga tao, na pinasigla ng Aking panghihikayat, ay kumilos upang sumulong sa pagsisikap. Kapag ang mga puwersa ni Satanas ay sumalakay sa Aking mga tao, naroon Ako upang salagin ang mga iyon; kapag naminsala ang mga pakana ni Satanas sa kanilang buhay, pinakakaripas Ko ito ng takbo, kapag nakaalis na ay hindi na babalik kailanman. Sa lupa, lahat ng uri ng masasamang espiritu ay walang-tigil sa paggala sa paghahanap ng mapagpapahingahan, at walang-hinto sa paghahanap ng mga bangkay ng mga tao na maaaring lamunin. Aking mga tao! Kailangan kayong manatili sa loob ng Aking pangangalaga at proteksyon. Huwag magpakasama kailanman! Huwag kumilos nang walang-ingat kailanman! Dapat mong ialay ang iyong katapatan sa Aking sambahayan, at sa katapatan mo lamang malalabanan ang panlalansi ng diyablo. Anuman ang mangyari, hindi ka dapat kumilos na tulad noong araw, na gumagawa ng isang bagay sa Aking harapan at ng iba naman sa Aking likuran; kung kikilos ka sa ganitong paraan, hindi ka na puwedeng matubos. Hindi ba higit pa sa sapat ang nabigkas Kong mga salita na tulad ng mga ito? Ito ay dahil mismo sa hindi maitama ang dating likas na pagkatao ng sangkatauhan kaya kinailangan Kong paulit-ulit na paalalahanan ang mga tao. Huwag mainip! Lahat ng sinasabi Ko ay alang-alang sa pagtiyak ng inyong tadhana! Isang mabaho at maruming lugar ang kailangan mismo ni Satanas; kapag mas hindi na kayo matutubos pa at mas nagpakasama kayo, at ayaw ninyong magpasaway, mas magkakaroon ng pagkakataon ang maruruming espiritong iyon na pasukin kayo. Kung nakarating na kayo sa puntong ito, ang inyong katapatan ay magiging walang-kabuluhang satsat lamang, walang anumang realidad, at lalamunin ng maruruming espiritu ang inyong matibay na pagpapasiya at papalitan ito ng pagsuway at mga pakana ni Satanas na gagamitin upang gambalain ang Aking gawain. Mula roon, maaari Ko kayong hampasin anumang oras. Walang sinumang nakakaunawa sa bigat ng sitwasyong ito; talagang nagbibingi-bingihan lamang ang mga tao sa naririnig nila, at hindi man lamang sila nag-iingat. Hindi Ko naaalala ang ginawa noong araw; talaga bang naghihintay ka pa ring maging maluwag Ako sa iyo sa pamamagitan ng minsan pang “paglimot”? Bagama’t tinutulan na Ako ng mga tao, hindi Ko sila sisisihin, sapagkat napakaliit ng kanilang tayog, kaya nga hindi Ako gumagawa ng napakatataas na kahilingan sa kanila. Ang tanging hinihiling Ko ay huwag silang magpakasama, at na magpasakop sila sa pagsaway. Siguradong hindi ito lampas sa inyong kakayahang tumugon sa isang kundisyong ito, hindi ba? Karamihan sa mga tao ay naghihintay na magbunyag Ako ng mas marami pang hiwaga para pagpiyestahan ng kanilang mga mata. Gayunman, kahit naunawaan mo na ang lahat ng hiwaga ng langit, ano talaga ang maaari mong gawin sa kaalamang iyon? Madaragdagan ba nito ang iyong pagmamahal

sa Akin? Mapupukaw ba nito ang iyong pagmamahal sa Akin? Hindi Ko minamaliit ang mga tao, ni hindi Ko sila basta-basta hinahatulan. Kung hindi ganito ang aktwal na sitwasyon ng mga tao, hindi Ko sila kailanman basta puputungan ng gayong mga katawagan. Gunitain ninyo ang nakaraan: Ilang beses Ko na ba kayo siniraan? Ilang beses Ko na ba kayo minaliit? Ilang beses Ko na ba kayo tiningnan nang hindi pinapansin ang inyong aktwal na sitwasyon? Ilang beses na ba nabigo ang Aking mga pagbigkas na akitin kayo nang buong puso? Ilang beses na ba Ako nagsalita nang hindi naaantig ang inyong damdamin? Sino sa inyo ang nakabasa na ng Aking mga salita nang walang takot at pangininginig, na nahihintakutan na isasadlak Ko kayo sa walang-hanggang kalaliman? Sino ang hindi nagtitiis ng mga pagsubok mula sa Aking mga salita? Sa loob ng Aking mga pagbigkas ay naroon ang awtoridad, ngunit hindi ito para maglapat ng kaswal na paghatol sa mga tao; sa halip, nasasaisip ang kanilang aktwal na mga kalagayan, palagi Kong ipinapakita sa kanila ang kahulugang likas sa Aking mga salita. Sa katunayan, mayroon bang sinumang may kakayahang kilalanin ang Aking makapangyarihang lakas sa Aking mga salita? Mayroon bang sinumang maaaring tumanggap ng pinakadalisay na ginto kung saan gawa ang Aking mga salita? Ilang salita na ba ang Aking nasambit? Mayroon na bang sinumang nagpahalaga sa mga ito?

Marso 3, 1992

Awit ng Kaharian

Ipinagbubunyi Ako ng mga tao, pinupuri Ako ng mga tao; lahat ng bibig ay tinatawag ang nag-iisang tunay na Diyos, lahat ng tao ay tumitingala upang masdan ang Aking mga gawa. Ang kaharian ay bumababa sa mundo ng mga tao, ang Aking persona ay mayaman at sagana. Sino ang hindi magagalak dito? Sino ang hindi sasayaw sa galak? O, Sion! Itaas ang iyong matagumpay na bandila upang ipagbunyi Ako! Awitin ang iyong awit ng tagumpay upang ipalaganap ang Aking banal na pangalan! Lahat ng nilikha hanggang sa mga dulo ng daigdig! Magmadaling linisin ang inyong sarili na magagawa kayong mga alay sa Akin! Mga konstelasyon ng kalangitan! Magmadaling bumalik sa inyong lugar upang ipakita ang Aking dakilang kapangyarihan sa kalawakan! Ako ay nakikinig sa tinig ng mga tao sa lupa, na ibinubuhos ang kanilang walang-hanggang pagmamahal at pagpipitagan sa Akin sa awit! Sa araw na ito, kung kailan lahat ng nilikha ay muling nabubuhay, Ako ay bumababa sa mundo ng mga tao. Sa sandaling ito, sa sandaling ito mismo, lahat ng bulaklak ay mag-uunahang mamukadkad, lahat ng ibon ay sabay-sabay na aawit, lahat ng bagay ay manginginginig sa galak! Sa tunog ng pagpupugay ng kaharian, bumabagsak ang kaharian ni Satanas, nawasak sa dagundong ng awit ng kaharian, hindi na babangong muli kailanman!

Sino sa lupa ang nangangahas na bumangon at lumaban? Habang Ako ay bumababa

sa lupa, dala Ko ay pagsunog, dala Ko ay poot, dala Ko ay lahat ng klaseng kapahamakan. Ang mga kaharian sa lupa ay Akin nang kaharian ngayon! Sa kalangitan, gumugulong at umaalon ang mga ulap; sa ilalim ng langit, ang mga lawa at mga ilog ay rumaragasa at kumakatha ng isang nakaaantig na himig. Naglalabasan ang nagpapahingang mga hayop mula sa kanilang lungga, at lahat ng tao ay ginigising Ko mula sa kanilang pagtulog. Dumating na rin sa wakas ang araw na pinakahihintay ng napakaraming tao! Inaalay nila ang pinakamagagandang awit sa Akin!

Sa magandang sandaling ito, sa napakasayang panahong ito,
matunog ang papuri sa lahat ng dako, sa kalangitan sa itaas at sa lupa sa ibaba.

Sino ang hindi masasabik dito?

Kaninong puso ang hindi gagaan? Sino ang hindi mapapaiyak sa tagpong ito?

Ang langit ay hindi na ang dating langit, ito na ngayon ang langit ng kaharian.

Ang lupa ay hindi na ang dating lupa, ito na ngayon ay lupang banal.

Pagkaraan ng isang malakas na ulan, lubusang naging bago ang maruming sinaunang mundo.

Nagbabago ang kabundukan ... nagbabago ang katubigan ...

nagbabago rin ang mga tao ... nagbabago ang lahat ng bagay....

Ah, tahimik na kabundukan! Magbangon at magsayawan para sa Akin!

Ah, payapang katubigan! Patuloy na umagos nang malaya!

Kayong mga taong may mga pangarap! Gumising kayo at habulin ito!

Narito na Ako ... at Ako ang Hari....

Buong sangkatauhan ay makikita sa sarili nilang mga mata ang Aking mukha,
maririnig ng sarili nilang mga tainga ang Aking tinig,
mamumuhay sila mismo ng buhay sa kaharian....

Kaytamis ... kayganda....

Di-malilimutan ... imposibleng malimutan....

Sa pagsusunog ng Aking poot, nagpupumiglas ang malaking pulang dragon;
sa Aking maringal na paghatol, ipinapakita ng mga diyablo ang kanilang tunay na anyo;

sa Aking mahihigpit na salita, lahat ng tao ay nahihiya, at walang mapagtaguan.

Ginugunita nila ang nakaraan, paano nila Ako tinuya at pinagtawanan.

Hindi nagkaroon ng pagkakataon kailanman na hindi sila nagpasikat, ni ng pagkakataon na hindi nila Ako sinusuway.

Ngayon, sino ang hindi umiiyak? Sino ang hindi nakararamdam ng pagsisisi?

Puno ng iyakan ang buong mundo ng sansinukob ...

puno ng mga ingay ng kagalakan ... puno ng halakhakan....

Walang-katulad na galak ... galak na walang-katulad....

Tumatagiktik ang mahinang ulan ... mabibigat na tuklap ng pumapagaspas na niyebe....

Sa kalooban ng mga tao, magkahalong lungkot at saya ... naghahalakhakan ang ilan ...

humihikbi ang ilan ... at nagbubunyi ang ilan....

Para bang nalimutan ng lahat ... kung ito'y tagsibol na makulimlim at maulan, isang tag-araw ng namumukadkad na mga bulaklak, isang taglagas ng masasaganang ani,

o isang taglamig na sinlamig ng nagyelong hamog at yelo, walang nakakaalam....

Tinatangay ng hangin ang mga ulap sa langit, nagngangalit ang dagat sa lupa.

Ikinakaway ng mga anak na lalaki ang kanilang mga bisig ... iginagalaw ng mga tao ang kanilang mga paa sa pagsayaw....

Gumagawa ang mga anghel ... nag-aakay ang mga anghel....

Abalang-abala ang mga tao sa lupa, at nagpaparami ang lahat ng bagay sa lupa.

Kabanata 11

Bawat tao sa sangkatauhan ay dapat pumayag na masuri ng Aking Espiritu, dapat nilang siyasating mabuti ang bawat salita at kilos nila, at, bukod pa ryan, dapat nilang tingnan ang Aking kamangha-manghang mga gawa. Ano ang pakiramdam ninyo sa panahon ng pagdating ng kaharian sa lupa? Kapag dumaloy ang Aking mga anak at mga tao sa Aking luklukan, pormal Kong sinisimulan ang paghatol sa harap ng malaking luklukang maputi. Ibig sabihin, kapag sinisimulan Ko ang Aking gawain sa lupa nang personal, at kapag ang panahon ng paghatol ay malapit nang magwakas, sinisimulan Kong ituon ang Aking mga salita sa buong sansinukob, at inilalabas ang tinig ng Aking Espiritu sa buong sansinukob. Sa pamamagitan ng Aking mga salita, huhugasan Ko nang malinis ang lahat ng tao at bagay kasama ang lahat ng nasa langit at nasa lupa, kaya't ang lupain ay hindi na marumi at malaswa, kundi isang banal na kaharian. Paninibaguhin Ko ang lahat ng bagay, upang mailaan ang mga iyon para magamit Ko, upang hindi na mag-amoy lupa ang mga iyon, at hindi na mabahiran ng lasa ng lupa. Sa lupa, nangapa na ang tao para sa mithiin at mga pinagmumulan ng Aking mga salita, at naobserbahan na ang Aking mga gawa, subalit walang sinumang tunay na nakaalam sa pinagmumulan ng Aking mga salita, at walang sinumang tunay na nakakita sa pagiging kamangha-mangha ng Aking mga gawa. Ngayon lamang, na personal Akong pumaparito sa tao at binibigkas ang Aking mga salita, nagkaroon ng kaunting kaalaman ang tao tungkol sa Akin, na nag-aalis sa puwang na sakop "Ko" sa kanilang isipan, at sa halip ay lumilikha ng isang puwang para sa praktikal na Diyos sa kanilang kamalayan. Ang tao ay may mga kuru-kuro at puno ng pag-uusisa; sino ang hindi magnanais na makita ang Diyos? Sino ang hindi magnanasang makaharap ang Diyos? Subalit ang

tanging sumasakop sa isang tiyak na puwang sa puso ng tao ay ang Diyos na sa pakiramdam ng tao ay malabo at mahirap unawain. Sino ang makatatanto nito kung hindi Ko sinabi sa kanila nang malinaw? Sino ang tunay na maniniwala, nang may katiyakan at walang bahid ng pagdududa, na Ako ay talagang umiiral? May malaking pagkakaiba sa pagitan ng “Ako” sa puso ng tao at ng “Ako” ng realidad, at walang sinumang may kakayahang ikumpara ang mga ito. Kung hindi Ako naging tao, hindi Ako kailanman makikilala ng tao, at kahit nakilala niya Ako, hindi ba isang kuru-kuro pa rin ang gayong pagkakilala? Bawat araw ay naglalakad Ako sa gitna ng walang-tigil na daloy ng mga tao, at bawat araw ay kumikilos Ako sa kalooban ng bawat tao. Kapag Ako ay tunay na nakikita ng tao, makikilala niya Ako sa Aking mga salita, at maiintindihan ang mga kaparaanan ng Aking pagsasalita gayundin ang Aking mga layon.

Kapag ang kaharian ay pormal na dumarating sa lupa, ano, sa lahat ng bagay, ang hindi tahimik? Sino, sa lahat ng tao, ang hindi natatakot? Lumalakad Ako sa lahat ng dako ng mundong sansinukob, at lahat ng bagay ay personal Kong ipinlano. Sa panahong ito, sino ang hindi nakakaalam na ang Aking mga gawa ay kamanghamangha? Sinusuportahan ng Aking mga kamay ang lahat ng bagay, subalit nangingibabaw rin Ako sa lahat ng bagay. Ngayon, hindi ba ang Aking pagkakatawang-tao at ang Aking personal na presensya sa tao ang totoong kahulugan ng Aking pagpapakumbaba at pagiging tago? Sa tingin, maraming taong pumapalakpak at pumupuri na Ako ay marilag, ngunit sino ang tunay na nakakakilala sa Akin? Ngayon, bakit Ko hinihiling na kilalanin ninyo Ako? Hindi ba ang layunin Ko ay ipahiya ang malaking pulang dragon? Ayaw Kong pilitin ang tao na purihin Ako, kundi hikayatin siyang kilalanin Ako, na magiging daan upang mahalina niya Ako, at sa gayon ay purihin Ako. Ang gayong papuri ay karapat-dapat sa katawagan nito, at hindi hungkag na pananalita; ganitong papuri lamang ang maaaring umabot sa Aking luklukan at pumailanlang sa kalangitan. Dahil natukso at nagawang tiwali na ni Satanas ang tao, dahil nadala na siya sa pamamagitan ng mga kuru-kuro at pag-iisip, naging tao Ako upang personal na lupigin ang buong sangkatauhan, upang ilantad ang lahat ng kuru-kuro ng tao, at upang basagin ang iniisip ng tao. Dahil dito, hindi na muling nagmamalaki ang tao sa Aking harapan, at hindi na muling naglilingkod sa Akin gamit ang sarili niyang mga kuru-kuro, at sa gayon ay ganap nang naiwaksi ang “Ako” sa mga kuru-kuro ng tao. Kapag dumarating ang kaharian, ang una Kong ginagawa ay simulan ang yugtong ito ng gawain, at ginagawa Ko iyon sa Aking mga tao. Bilang Aking mga tao na isinilang sa bansa ng malaking pulang dragon, tiyak na hindi lamang maliit, o isang bahagi, ng kamandag ng malaking pulang dragon ang nasa inyong kalooban. Sa gayon, ang yugtong ito ng Aking gawain una sa lahat ay nakatutok sa inyo, at ito ay isang aspeto ng kabuluhan ng Aking pagkakatawang-tao sa Tsina. Karamihan sa mga tao ay hindi kayang maintindihan kahit ang kapisaso ng mga salitang Aking sinasambit, at kapag nagagawa nila, malabo at magulo ang kanilang pagkaunawa. Ito ay isang pagbabago sa pamamaraan ng Aking pagsasalita. Kung nabasa ng lahat ng tao ang Aking mga

salita at naunawaan ang kahulugan ng mga iyon, sino sa mga tao ang maliligtas, at hindi itatapon sa Hades? Kapag nakikilala at sinusunod Ako ng tao, iyon ang panahon na nagpapahinga Ako, at iyon mismo ang sandali na naiintindihan ng tao ang kahulugan ng Aking mga salita. Ngayon, napakababa ng inyong tayog—halos nakakaawa iyon sa kababaan, ni hindi man lamang karapat-dapat na ipagmalaki—at lalo pa ngang napakababa ng inyong kaalaman sa Akin.

Bagama't sinasabi Ko na nagsimula nang isugo ang mga anghel upang akayin ang Aking mga anak at mga tao, walang sinumang nakakaunawa sa kahulugan ng Aking mga salita. Kapag personal Akong pumaparito sa tao, sabay-sabay na sinisimulan ng mga anghel ang gawain ng pag-akay, at sa panahon ng pag-akay ng mga anghel, lahat ng anak at tao ay hindi lamang nakatatanggap ng mga pagsubok at pag-akay, kundi namamasdan din, sa sarili nilang mga mata, ang kaganapan ng lahat ng klase ng mga pangitain. Dahil tuwiran Akong gumagawa sa pagka-Diyos, lahat ng bagay ay pumapasok sa isang bagong simula, at dahil tuwirang gumagawa ang pagka-Diyos na ito, ni katiting ay hindi ito napipigilan ng pagkatao, at para sa tao ay tila malayang kumikilos sa ilalim ng higit-sa-karaniwang mga kalagayan. Subalit, para sa Akin, ganap na normal ito (naniniwala ang tao na ito ay higit-sa-karaniwan dahil kailanman ay hindi pa niya nakaharap nang tuwiran ang pagka-Diyos); wala itong taglay na anumang mga kuru-kuro ng tao, at walang bahid ng mga ideya ng tao. Makikita lamang ito ng mga tao kapag pumasok silang lahat sa tamang landas; dahil ngayon ang simula, pagdating sa kanyang pagpasok, maraming pagkukulang ang tao, at ang mga kamalian at kalabuan ay halos hindi maiwasan. Ngayon, yamang napangunahan Ko na kayo hanggang sa puntong ito, gumawa na Ako ng angkop na mga plano, at mayroon Akong sariling mga layunin. Kung sasabihin Ko sa inyo ang mga iyon ngayon, talaga bang malalaman ninyo ang mga iyon? Alam na alam Ko ang mga iniisip ng tao at ang mga ninanais ng puso ng tao: Sino ang hindi naghanap kailanman ng daan palabas para sa kanilang sarili? Sino ang hindi nag-isip kailanman tungkol sa sarili nilang mga inaasam? Subalit kahit mayroong mayaman at malaking katalinuhan ang tao, sino ang nakahula na, pagkatapos ng mga kapanahunan, magiging ganito ang kasalukuyan? Ito ba talaga ang bunga ng iyong sariling pagsisikap? Ito ba ang kabayaran para sa iyong walang-pagod na kasipagan? Ito ba ang magandang paglalarawang nakinita ng iyong isipan? Kung hindi Ko ginabayan ang buong sangkatauhan, sino ang makakayang ihiwalay ang kanilang sarili mula sa Aking mga plano at maghanap ng ibang daan palabas? Ang mga imahinasyon at pagnanais ba ng tao ang nagdala sa kanya sa ngayon? Maraming tao ang habambuhay na hindi natutupad ang kanilang mga inaasam. Talaga bang ito ay dahil sa isang kamalian sa kanilang pag-iisip? Ang buhay ng maraming tao ay puno ng di-inaasahang kaligayahan at kasiyahan. Talaga bang ito ay dahil napakaliit ng kanilang inaasahan? Sino sa buong sangkatauhan ang hindi inaalagaan sa paningin ng Makapangyarihan? Sino ang hindi nabubuhay sa gitna ng itinalagang tadhana ng Makapangyarihan? Nangyayari ba ang buhay at kamatayan ng tao ayon sa sarili niyang

pagpapasiya? Kontrolado ba ng tao ang kanyang sariling kapalaran? Maraming taong gusto nang mamatay, subalit malayo iyon sa kanila; maraming taong nais maging yaong malalakas sa buhay at takot sa kamatayan, subalit lingid sa kanilang kaalaman, ang araw ng kanilang kamatayan ay nalalapit na, isinasadlak sila sa kailaliman ng kamatayan; maraming taong nakatingala sa langit at bumubuntong-hininga nang malalim; maraming taong umiiyak nang malakas, humahagulhol; maraming taong bumabagsak sa gitna ng mga pagsubok; at maraming taong nagiging bilanggo ng tukso. Kahit hindi Ako magpakita nang personal upang hayaan ang tao na malinaw Akong mamasdan, maraming taong takot na makita ang Aking mukha, takot na takot na pababagsakin Ko sila, na papatayin Ko sila. Totoo bang kilala Ako ng tao, o hindi? Walang makakapagsabi nang tiyakan. Hindi ba ganito? Ako at ang Aking pagkastigo ay pareho ninyong kinatatakutan, subalit pinaninindigan at lantaran din ninyo Akong kinokontra at hinuhusgahan. Hindi ba ganito ang nangyayari? Hindi Ako kailanman nakilala ng tao dahil hindi niya kailanman nakita ang Aking mukha o narinig ang Aking tinig. Sa gayon, kahit nasa loob Ako ng puso ng tao, mayroon bang sinuman na hindi Ako malabo at di-maaninag sa kanyang puso? Mayroon bang sinuman na ganap na malinaw Ako sa kanyang puso? Ayaw Ko ring makita Ako ng Aking mga tao na malabo at mahirap unawain, at sa gayon ay sinisimulan Ko ang dakilang gawaing ito.

Tahimik Akong pumaparito sa tao, at pagkatapos ay lumalayo Ako. May nakakita na ba sa Akin? Nakikita ba Ako ng araw dahil sa nagniningas na apoy nito? Nakikita ba Ako ng buwan dahil sa maningning na liwanag nito? Nakikita ba Ako ng mga konstelasyon dahil sa lugar ng mga ito sa kalangitan? Kapag dumarating Ako, hindi alam ng tao, at lahat ng bagay ay nananatiling walang-alam, at kapag Ako ay lumisan, hindi pa rin namamalayan ng tao. Sino ang maaaring magpatotoo sa Akin? Ang papuri kaya ng mga tao sa lupa? Ang mga liryo kayang namumulaklak sa kagubatan? Ang mga ibon bang nagliliparan sa himpapawid? Ang mga leon ba na umuungol sa kabundukan? Walang sinumang lubos na makasasaksi sa Akin! Walang sinumang makagagawa ng gawaing Aking gagawin! Kahit ginawa nga nila ang gawaing ito, ano ang magiging epekto nito? Bawat araw ay minamasdan Ko ang bawat kilos ng maraming tao, at bawat araw ay sinisiyasat Ko ang puso't isipan ng maraming tao; wala pang sinumang nakatakas sa Aking paghatol kailanman, at wala pang sinumang nakapag-alis sa kanilang sarili ng realidad ng Aking paghatol kailanman. Nakatayo Ako sa ibabaw ng kalangitan at nakatingin sa malayo: Napakarami Ko nang napabagsak na tao, subalit napakaraming tao rin ang nabubuhay sa gitna ng Aking awa at pagmamahal. Hindi ba ganito rin ang inyong sitwasyon?

Marso 5, 1992

Kabanata 12

Kapag kumikidlat mula sa Silangan, na siya rin mismong sandali na nagsisimula Akong bigkasin ang Aking mga salita—kapag kumikidlat, ang buong sansinukob ay nagliliwanag, at nagbabago ng anyo ang lahat ng bituin. Ang buong sangkatauhan ay para bagang napagbukud-bukod. Sa ilalim ng kinang ng sinag ng liwanag na ito mula sa Silangan, nahayag ang buong sangkatauhan sa kanilang orihinal na anyo, nasisilaw ang mga mata, hindi tiyak ang gagawin, at hindi pa rin gaanong sigurado kung paano itatago ang kanilang mga pangit na hitsura. Para din silang mga hayop na nagsisitakas mula sa Aking liwanag upang magkubli sa mga kuweba sa bundok—subalit wala ni isa sa kanila ang maaaring maglaho mula sa sakop ng Aking liwanag. Lahat ng tao ay labis na namamangha, lahat ay naghihintay, lahat ay nagmamasid; sa pagdating ng Aking liwanag, nagagalak ang lahat sa araw na sila ay isinilang, at isinusumpa rin ng lahat ang araw na sila ay isinilang. Ang magkakasalungat na damdamin ay imposibleng bigkasin; ang mga luha ng pagpaparusa sa sarili ay nagbubuo ng mga ilog, at natatangay ng rumaragasang tubig, naglalaho nang walang bakas sa isang iglap. Minsan pa, palapit nang palapit ang Aking araw sa buong sangkatauhan, minsan pang pumupukaw sa sangkatauhan, na nagbibigay sa sangkatauhan ng isa pang bagong simula. Tumitibok ang puso Ko at, sa pagsunod sa mga ritmo ng tibok ng Aking puso, naglulundagan sa galak ang kabundukan, nagsasayawan sa galak ang katubigan, at humahampas ang mga alon sa batuhan. Mahirap ipahayag kung ano ang nasa puso Ko. Nais Kong sunugin ang lahat ng maruming bagay hanggang sa maging abo sa ilalim ng Aking tingin; nais Kong maglaho ang lahat ng anak ng pagsuway mula sa Aking harapan, at hindi na umiral pa kailanman. Hindi lamang Ako nakagawa ng isang bagong simula sa tirahan ng malaking pulang dragon, nagsimula na rin Akong pumasok sa bagong gawain sa sansinukob. Hindi maglalaon, ang mga kaharian sa lupa ay magiging Aking kaharian; hindi maglalaon, ang mga kaharian sa lupa ay magwawakas na lahat magpakailanman dahil sa Aking kaharian, dahil nakamtan Ko na ang tagumpay, dahil nakabalik na Ako nang matagumpay. Naubos na ng malaking pulang dragon ang lahat ng paraang maisip upang sirain ang Aking plano, sa pag-asang mabura ang Aking gawain sa lupa, ngunit maaari ba Akong mawalan ng pag-asa dahil sa mapanlinlang na mga pakana nito? Maaari ba Akong matakot hanggang sa mawalan Ako ng tiwala dahil sa mga banta nito? Hindi pa nagkaroon kailanman ng kahit isang nilalang sa langit o sa lupa na hindi Ko nahawakan sa palad ng Aking kamay; gaano pa ito higit na totoo sa malaking pulang dragon, ang kasangkapang ito na nagsisilbing mapaghahambingan sa Akin? Hindi ba isa rin itong bagay na paiikutin sa Aking mga kamay?

Nang magkatawang-tao Ako sa mundo ng tao, dumating na ang sangkatauhan, sa ilalim ng Aking patnubay, nang hindi sinasadya sa araw na ito at dumating nang hindi sinasadya upang makilala Ako. Ngunit, hinggil sa kung paano tahakin ang landas sa hinaharap, walang sinumang may ideya, walang sinumang nakakaalam—at lalo pang

walang sinumang may ideya kung saang direksyon sila dadalhin ng landas na iyon. Sa pagbabantay lamang sa kanila ng Makapangyarihan sa lahat matatahak ng sinuman ang landas hanggang wakas; sa paggabay lamang ng kidlat sa Silangan matatawid ng sinuman ang pintuan papasok sa Aking kaharian. Sa mga tao, wala pa ni isang nakakita sa Aking mukha kailanman, isang nakakita sa kidlat sa Silangan; paano pa kaya magkakaroon ng isang taong nakarinig sa mga pagbigkas mula sa Aking luklukan? Sa katunayan, noon pa mang unang panahon, wala pa ni isang taong tuwirang nakipag-ugnayan sa Aking persona; ngayon lamang nagkaroon ng pagkakataon ang mga tao, ngayong naparito na Ako sa mundo, na makita Ako. Ngunit kahit ngayon, hindi pa rin Ako kilala ng mga tao, tulad ng tinitingnan lamang nila ang Aking mukha at naririnig lamang ang Aking tinig subalit hindi nauunawaan ang ibig Kong sabihin. Ganito ang lahat ng tao. Bilang isa sa Aking mga tao, wala ba kayong nadaramang matinding karangalan kapag nakikita ninyo ang Aking mukha? At wala ba kayong nadaramang labis na kahihiyan dahil hindi ninyo Ako kilala? Naglalakad Ako sa piling ng mga tao, at namumuhay Ako sa piling ng mga tao, sapagkat Ako ay naging tao at naparito Ako sa mundo ng tao. Ang Aking layunin ay hindi lamang upang masilayan ng sangkatauhan ang Aking katawang-tao; ang mas mahalaga, ito ay upang makilala Ako ng sangkatauhan. Bukod pa ryan, sa pamamagitan ng Aking nagkatawang-taong laman, hahatulan Ko ang sangkatauhan sa kanilang mga kasalanan; sa pamamagitan ng Aking nagkatawang-taong laman, igugupo Ko ang malaking pulang dragon at sisirain Ko ang kuta nito.

Bagama't ang mga taong naninirahan sa lupa ay kasindami ng mga bituin, kilala Ko silang lahat nang kasinglinaw ng palad sa sarili Kong kamay. At, bagama't napakarami rin ng mga taong "nagmamahal" sa Akin na tulad ng mga butil ng buhangin sa dagat, iilan lamang ang Aking hinirang: yaon lamang mga sumusunod sa maningning na liwanag, na bukod pa sa mga "nagmamahal" sa Akin. Hindi Ko pinalalabis ang tingin Ko sa tao, ni hindi Ko siya minamaliit; sa halip, inuutusan Ko ang tao ayon sa kanyang likas na mga katangian, kaya nga ang kinakailangan Ko ay ang klase ng tao na taos-pusong naghahanap sa Akin, upang makamit Ko ang Aking layunin na humirang ng mga tao. Napakaraming mababangis na hayop sa kabundukan, ngunit lahat ng iyon ay kasing-amo ng mga tupa sa Aking harapan; nasa ilalim ng mga alon ang di-maarak na mga hiwaga, ngunit ipinapakita ng mga ito ang kanilang sarili sa Akin na kasinglinaw ng lahat ng bagay sa ibabaw ng lupa; nasa kalangitan sa itaas ang mga dako na kailanman ay hindi mararating ng tao, subalit malaya Akong naglalakad doon sa mga dakong iyon na hindi mararating. Hindi Ako nakilala ng tao sa liwanag kailanman, kundi nakita lamang Ako sa mundo ng kadiliman. Hindi ba ganito mismo ang sitwasyon ninyo ngayon? Nasa ruok ng mga pagwawala ang malaking pulang dragon nang pormal Akong nagkatawang-tao upang gawin ang Aking gawain. Nang mahayag ang tunay na anyo ng malaking pulang dragon sa unang pagkakataon, nagpatotoo Ako sa Aking pangalan. Nang maglakad-lakad Ako sa mga landas ng sangkatauhan, wala ni isang nilalang ni

isang tao ang nagising sa pagkagulat, kaya nga nang pumarito Ako na nagkatawang-tao sa mundo ng tao, walang sinumang nakaalam nito. Ngunit, sa Aking nagkatawang-taong laman, nang simulan Kong gawin ang Aking gawain, nagising ang sangkatauhan at nagulat mula sa kanilang mga panaginip sa dagundong ng Aking tinig, at mula sa sandaling ito, nagsimula silang mamuhay sa ilalim ng Aking patnubay. Sa Aking mga tao, minsan pa Akong nagsimula ng bagong gawain. Sapat nang masabi na ang Aking gawain sa lupa ay hindi pa tapos upang ipakita na ang Aking mga tao na binanggit Ko ay hindi yaong mga kinakailangan Ko sa puso Ko, ngunit magkagayunman, pumipili pa rin Ako ng ilan mula sa kanila. Malinaw mula rito na hindi Ko lamang binibigyan ng kakayahan ang Aking mga tao na makilala ang Diyos na nagkatawang-tao, kundi nililinis din sila. Dahil sa tindi ng Aking mga atas administratibo, karamihan sa mga tao ay nanganganib pa ring alisin Ko. Maliban kung gagawin ninyo ang lahat upang pakitunguhan ang inyong sarili, supilin ang inyong sariling katawan—kung hindi ninyo ito gagawin, tiyak na magiging isang pakay kayo na Aking kinasusuklaman at itinatakwil, upang ihagis sa impiyerno, tulad ng tuwirang natanggap na pagkastigo ni Pablo mula sa Aking mga kamay, kung saan walang makakatakas. May napulot ba kayo mula sa Aking mga salita? Tulad ng dati, layon Kong linisin ang iglesia, patuloy na dalisayin ang mga taong kailangan Ko, dahil Ako ang Diyos Mismo, na walang katapusan ang kabanalan at walang bahid-dungis. Gagawin Ko ang Aking templo na hindi lamang nagniningning sa mga kulay ng bahaghari, kundi wala ring bahid-dungis, na ang loob ay tugma sa labas nito. Sa Aking presensya, dapat ay gunitain ninyo, ninyong lahat, kung ano ang nagawa ninyo noong araw, at magdesisyon kayo kung kaya ninyong matibay na magpasiya na bigyan Ako ng perpektong kasiyahan sa puso Ko.

Hindi lamang Ako hindi kilala ng tao sa Aking katawang-tao; higit pa ryan, nabigo siyang unawain ang kanyang sarili na nananahan sa isang katawang-taong may laman. Sa loob ng napakaraming taon, nililalang na Ako ng mga tao, itinuturing Akong isang panauhing tagalabas. Napakaraming beses nang pinagsarhan nila Ako sa labas ng “mga pintuan papasok sa kanilang tahanan”; napakaraming beses nang tumayo sila sa Aking harapan, at hindi Ako pinakinggan; napakaraming beses nang itinakwil nila Ako sa gitna ng ibang mga tao; napakaraming beses nang itinanggi nila Ako sa harap ng diyablo; at napakaraming beses nang inatake nila Ako sa kadalalan ng kanilang bunganga. Subalit hindi Ako naglilista ng mga kahinaan ng tao, ni hindi Ako humihiling, dahil sa kanyang pagsuway, na gantihan niya ang ginawa Ko para sa kanya. Ang tanging nagawa Ko ay lapatan ng gamot ang kanyang mga karamdaman, upang pagalingin ang kanyang walang-lunas na mga sakit, sa gayon ay manumbalik ang kanyang kalusugan, upang makilala niya Ako. Hindi ba lahat ng nagawa Ko ay upang manatiling buhay ng sangkatauhan, upang bigyan ang sangkatauhan ng pagkakataon sa buhay? Maraming beses Akong naparito sa mundo ng mga tao, ngunit hindi Ako iginalang ng mga tao, dahil naparito Ako sa mundo sa Aking sariling persona; sa halip, bawat isa ay kumilos ayon sa tingin niyang angkop at naghanap ng malalabasan para sa kanyang sarili. Hindi

nila alam na bawat isang landas sa silong ng kalangitan ay sakop ng Aking pagtatalaga! Sino sa inyo ang nangangahas na magkimkim ng sama ng loob sa kanilang puso? Sino sa inyo ang medyo nangangahas na gumawa ng matibay na pagpapasiya? Tahimik lamang Akong gumagawa ng Aking gawain sa gitna ng sangkatauhan—iyon lamang. Kung Ako, sa panahon ng Aking pagkakatawang-tao, ay hindi nakiramay sa kahinaan ng tao, buong sangkatauhan, dahil lamang sa Aking pagkakatawang-tao, ay natakot na sana nang husto at nahulog sa Hades dahil dito. Dahil lamang sa nagpakumbaba Ako at nagtago kaya nakaiwas ang sangkatauhan sa sakuna, napalaya mula sa Aking pagkastigo, at sa ganitong paraan ay umabot sa araw na ito. Nasasaisip kung gaano kahirap makaabot sa araw na ito, hindi ba dapat ay higit ninyong mahalín ang darating na bukas?

Marso 8, 1992

Kabanata 13

Nakatago sa loob ng Aking mga salita at pagbigkas ang ilan sa Aking mga layunin, ngunit walang nalalaman at nauunawaan ang mga tao tungkol sa alinman sa mga ito; at patuloy silang tumatanggap ng Aking mga salita mula sa labas at sinusunod ang mga ito mula sa labas, at hindi nila maunawaan ang Aking puso o mahiwatigan ang Aking kalooban mula sa Aking mga salita. Bagama't pinalilinaw Ko ang Aking mga salita, sino ang nakakaunawa sa mga iyon? Mula sa Sion naparito Ako sa sangkatauhan. Dahil nadamitan Ko ang Aking Sarili sa normal na pagkatao at sa balat ng tao, nalalaman lamang ng mga tao ang Aking panlabas na anyo—ngunit hindi nila nalalaman ang buhay na nasa Aking kalooban, ni hindi nila nakikilala ang Diyos ng Espiritu, at ang alam lamang nila ay ang taong may laman. Maaari kayang hindi karapat-dapat ang tunay na Diyos Mismo sa pagsisikap ninyong kilalanin Siya? Maaari kayang hindi karapat-dapat ang tunay na Diyos Mismo sa inyong pagsisikap na “suriin” Siya? Kinasusuklanan Ko ang katiwalian ng buong sangkatauhan, ngunit nahahabag Ako sa kanilang kahinaan. Pinakikitunguhan Ko rin ang dating likas na pagkatao ng buong sangkatauhan. Bilang isa sa Aking mga tao sa Tsina, hindi ba bahagi rin kayo ng sangkatauhan? Sa lahat ng Aking tao, at sa lahat ng Aking anak, ibig sabihin, sa lahat ng Aking hinirang mula sa buong sangkatauhan, kabilang kayo sa pinakamababang grupo. Dahil dito, ginugol Ko na ang pinakamatinding lakas sa inyo, ang pinakamatinding pagsisikap. Hindi pa rin ba ninyo itinatangi ang pinagpalang buhay na tinatamasa ninyo ngayon? Pinatitigas pa rin ba ninyo ang inyong puso para maghimagsik laban sa Akin at itakda ang sarili ninyong mga plano? Kung hindi sa patuloy Kong awa at pagmamahal, matagal na sanang nabihag ni Satanas ang buong sangkatauhan at ginawa silang “masasarap na subo” sa bibig nito. Ngayon, sa gitna ng lahat ng tao, yaong mga tunay na gumugugol ng kanilang

sarili para sa Akin at tunay Akong minamahal ay bihira pa rin kaya mabibilang sa mga daliri ng isang kamay. Ngayon, maaari kayang maging personal na pag-aari ninyo ang titulong “Aking mga tao”? Talaga bang naging kasinlamig na ng yelo ang konsiyensya mo? Talaga bang karapat-dapat kang makabilang sa mga tao na Aking kinakailangan? Gunitain mo ang nakaraan, at tingnan mong muli ang kasalukuyan—sino sa inyo ang nakapagpalugod na sa puso Ko? Sino sa inyo ang nagpakita na ng tunay na malasakit sa Aking mga layunin? Kung hindi Ko pa kayo inudyukan, hindi pa kayo magigising, kundi mananatili pa rin kayong parang naninigas, at muli, na para bang tulog sa taglamig.

Sa gitna ng rumaragasang mga alon, nakikita ng tao ang Aking poot; sa marahas na paggalaw ng maiitim na ulap, manghang-mangha at takot na takot ang tao, at hindi alam kung saan tatakbo, na para bang natatakot tangayin sila ng kulog at ulan. Pagkatapos, pagkaraan ng nag-aalimpuyong bagyong niyebe, napapanatag at gumagaan ang kanilang damdamin habang natutuwa sila sa magandang tanawin ng kalikasan. Ngunit, sa gayong mga sandali, sino sa kanila ang nakaranas na ng Aking walang-hangganang pagmamahal para sa sangkatauhan? Ang Aking anyo lamang ang nasa kanilang puso, ngunit hindi ang diwa ng Aking Espiritu: Hindi ba Ako hayagang sinusuwat ng tao? Kapag lumipas na ang bagyo, parang napanibago ang buong sangkatauhan; para bang, kasunod ng pagpipino sa pamamagitan ng mga pagdurusa, nabalik sa kanila ang liwanag at ang buhay. Matapos tiisin ang mga dagok na Aking ipinadala, hindi ba naging mapalad din kayo ngayon? Ngunit, kapag lumipas na ang araw na ito at dumating ang kinabukasan, magagawa ba ninyong panatilihin ang kadalisayang sumunod sa pagbuhos ng ulan? Magagawa ba ninyong panatilihin ang katapatang sumunod sa pagpipino sa inyo? Magagawa ba ninyong panatilihin ang pagsunod ng ngayon? Maaari bang manatiling matatag at hindi nagbabago ang inyong katapatan? Hindi ba kayang isakatuparan ng tao ang kinakailangang ito? Araw-araw Akong nabubuhay sa piling ng sangkatauhan, at kumikilos na kasama ng mga tao, sa gitna nila, subalit wala ni isa man ang nakapansin nito. Kung hindi sa patnubay ng Aking Espiritu, sino pa, sa buong sangkatauhan, ang mananatiling umiiral sa kasalukuyang panahon? Kapag sinasabi Kong Ako ay nabubuhay at kumikilos na kasama ng mga tao, nagsasalita ba Ako nang labis-labis? Noong araw, sinabi Kong “nilikha Ko ang sangkatauhan, at ginabayan ang buong sangkatauhan, at pinamunuan ang buong sangkatauhan”; hindi nga ba ganoon? Posible ba na hindi pa sapat ang inyong karanasan sa mga bagay na ito? Ang kataga lamang na “tagapagsilbi” ay mangangailangan na ng inyong buong buhay para ipaliwanag. Kung walang aktwal na karanasan, hindi Ako kailanman makikilala ng isang tao—hindi nila Ako makikilala kailanman sa pamamagitan ng Aking mga salita. Gayunman, ngayon ay personal Akong naparito sa gitna ninyo—hindi ba mas makakatulong ito sa inyong pag-unawa? Hindi ba kaligtasan din para sa inyo ang Aking pagkakatawang-tao? Kung hindi Ako bumaba sa sangkatauhan sa Aking sariling persona, matagal na sanang natagusan ng mga kuru-kuro ang buong sangkatauhan, na ibig sabihin ay ang maangkin ni Satanas, sapagkat ang pinaniniwalaan mo ay imahe

lamang ni Satanas at walang anupamang kinalaman sa Diyos Mismo. Hindi ba ito ang Aking pagliligtas?

Kapag humaharap sa Akin si Satanas, hindi Ako napapaurong mula sa malupit na kabangisan nito, ni hindi Ako natatakot sa kapangitan nito: binabalewala Ko lamang ito. Kapag tinutukso Ako ni Satanas, nakikita Ko ang panlilinlang nito, na dahilan para tumalilis ito sa kahihyan at paghamak. Kapag nilalabanan Ako ni Satanas at sinusubukang agawin ang mga taong Aking hinirang, nilalabanan Ko ito sa Aking katawang-tao; at sa Aking katawang-tao ay sinusuportahan at inaakay Ko ang Aking mga tao upang hindi sila madaling bumagsak o mawala, at ginagabayan Ko sila sa bawat hakbang ng daan. At kapag umuurong na si Satanas sa pagkatalo, magtatamo Ako ng kaluwalhatian mula sa Aking mga tao, at ang Aking mga tao ay makapagdadala na ng maganda at matunog na patotoo sa Akin. Dahil dito, aalisin Ko ang mga panghambing sa Aking plano ng pamamahala at itatapon ang mga ito nang lubusan sa walang-hanggang hukay. Ito ang Aking plano; ito ang Aking gawain. Sa inyong buhay, maaaring dumating ang araw na mahaharap ka sa gayong sitwasyon: Papayag ka bang maging bihag mismo ni Satanas, o hahayaan mo Akong makamit ka? Ito ang sarili mong kapalaran, at kailangan mong pag-isipan itong mabuti.

Ang buhay sa kaharian ay ang buhay ng mga tao at ng Diyos Mismo. Ang buong sangkatauhan ay nasa ilalim ng Aking pangangalaga at proteksyon, at lahat ay kasali sa isang pakikipaglaban sa malaking pulang dragon hanggang kamatayan. Para magwagi sa huling labanang ito, para tapusin na ang malaking pulang dragon, dapat ihandog sa Akin ng lahat ng tao ang kanilang buong pagkatao sa Aking kaharian. Ang “kaharian” na binabanggit dito ay tumutukoy sa isang buhay na ipinamumuhay sa ilalim ng tuwirang pamamahala ng pagka-Diyos, kung saan Ako ang umaakay sa buong sangkatauhan, na tumatanggap nang tuwirang pagsasanay mula sa Akin, upang ang kanilang buhay, bagama’t nasa lupa pa rin, ay parang nasa langit na—isang tunay na pagsasakatuparan ng buhay sa ikatlong langit. Bagama’t Ako ay nasa Aking katawang-tao, hindi Ako nagdaranas ng mga limitasyon ng laman. Nakarating na Ako nang napakaraming beses sa gitna ng tao para pakinggan ang kanyang mga dalangin, at natamasa Ko na nang napakaraming beses ang mga papuri nila, habang namumuhay Ako sa piling nila; bagama’t hindi kailanman namamalayan ng sangkatauhan ang Aking pag-iral, patuloy pa rin Ako sa Aking gawain sa ganitong paraan. Sa Aking tirahan, na siyang lugar kung saan Ako nakatago—magkagayunman, sa Aking tirahan, natalo Ko na ang lahat ng Aking kaaway; sa Aking tirahan, nagtamo na Ako ng tunay na karanasan ng pamumuhay sa lupa; sa Aking tirahan, pinagmamasdan Ko ang bawat salita at kilos ng tao, at binabantayan at pinamamahalaan ang buong sangkatauhan. Kung may nadaramang pagmamalasakit ang sangkatauhan para sa Aking mga layunin, sa gayon ay napapalugod nila ang Aking puso at nabibigyan Ako ng kasiyahan, tiyak na pagpapalain Ko ang buong sangkatauhan. Hindi ba ito ang Aking layon para sa sangkatauhan?

Habang nakahigang walang-malay ang sangkatauhan, sa mga dagundong lamang ng Aking kulog sila nagigising mula sa kanilang mga panaginip. At kapag idinilat nila ang kanilang mga mata, marami ang nasasaktan ang mga mata rito sa mga pagsabog ng malamig na liwanag, kaya nawawalan sila ng direksyon, at hindi nila alam kung saan sila nanggaling ni kung saan sila patungo. Karamihan sa mga tao ay tinatamaan ng mga sinag na parang laser at bumabagsak sa isang tumpok sa ilalim ng bagyo, inaanod ng bumubulusok na mga agos ang kanilang katawan, na walang iniwang bakas. Sa liwanag, sa wakas ay malinaw na nakikita ng mga nakaligtas ang Aking mukha, at saka lamang sila nagkakaroon ng kaalaman tungkol sa Aking panlabas na anyo, kaya hindi na sila nangangahas na tumingin nang direktso sa Aking mukha, sa sobrang takot na baka minsan pang dumalaw ang Aking pagkastigo at pagsumpa sa kanilang laman. Kaya napakaraming taong sumisigaw at umiiyak nang buong kapaitan; napakaraming nahuhulog sa kabiguan; napakaraming nakakabuo ng mga ilog gamit ang kanilang dugo; napakaraming nagiging bangkay, na inaanod kung saan-saan nang walang direksyon; napakaraming tao, na nakatagpo ng sarili nilang lugar sa liwanag, ang nakadarama ng biglang matinding kirot ng dalamhati at napapaluha dahil sa mahahabang taon ng kanilang kalungkutan. Napakaraming tao, na napilit ng liwanag, ang nangungumpisal ng kanilang karumihan at nagpapasyang baguhin ang kanilang sarili. Napakaraming tao, dahil nabulag, ang nawalan na ng siglang mabuhay at dahil dito ay wala nang interes na pansinin ang liwanag, at sa gayon ay patuloy na hindi gumagalaw, naghihintay sa kanilang wakas. At napakaraming tao ang nagtataas ng mga layag ng buhay at, sa ilalim ng patnubay ng liwanag, sabik na inaasam ang kanilang kinabukasan. ... Ngayon, sino sa sangkatauhan ang hindi umiiral sa ganitong kalagayan? Sino ang hindi umiiral sa loob ng Aking liwanag? Kahit malakas ka, o bagama't maaaring mahina ka, paano mo maiiwasan ang pagdating ng Aking liwanag?

Marso 10, 1992

Kabanata 14

Sa mga nagdaang kapanahunan, walang taong nakapasok sa kaharian, at sa gayon ay walang nagtamasa ng biyaya ng Kapanahunan ng Kaharian ni walang nakakita sa Hari ng kaharian. Sa kabila ng katotohanan na sa ilalim ng pagpapalinaw ng Aking Espiritu ay maraming taong nagpropesiya sa kagandahan ng kaharian, panlabas lamang ang alam nila, at hindi ang tunay na kabuluhan nito. Ngayon, habang nagiging pormal ang pag-iral ng kaharian sa lupa, hindi pa rin alam ng karamihan sa sangkatauhan kung ano talaga ang isasakatuparan o kung saang dako dadalhin sa huli ang mga tao sa Kapanahunan ng Kaharian. Ang kinatatakutan Ko ay na lahat ng tao ay nalilito tungkol dito. Dahil hindi pa lubos na dumarating ang araw ng ganap na pagsasakatuparan ng

kaharian, lahat ng tao ay naguguluhan at hindi ito maunawaan nang malinaw. Ang Aking gawain sa pagka-Diyos ay pormal na nagsisimula sa Kapanahunan ng Kaharian, at sa pormal na pagsisimulang ito ng Kapanahunan ng Kaharian nagsisimulang sumulong na maipakita ng Aking disposisyon ang sarili nito sa sangkatauhan. Samakatuwid, sa sandaling ito mismo pormal na nagsisimulang tumunog ang banal na trumpeta, na nagpapahayag sa lahat. Kapag pormal Kong kinuha ang Aking kapangyarihan at namahala Ako bilang Hari sa kaharian, lahat ng tao Ko, sa paglipas ng panahon, ay gagawin Kong ganap. Kapag nagambala ang lahat ng bansa ng daigdig, iyon mismo ang oras na itatatag at huhubugin ang Aking kaharian, pati na kung kailan Ako magbabagong-anyo at babaling upang harapin ang buong sansinukob. Sa oras na iyon, makikita ng lahat ng tao ang Aking maluwalhaving mukha at masasaksihan ang Aking totoong mukha. Mula nang likhain ang mundo, mula sa pagtitiwali ni Satanas sa mga tao hanggang sa lawak ng pagiging tiwali nila ngayon, dahil sa kanilang katiwalian kaya mas lalo Akong naging tago, mula sa kanilang pananaw, at lalong hindi maarok. Hindi pa kailanman nakita ng sangkatauhan ang Aking tunay na mukha at hindi kailanman tuwirang nakipag-ugnayan sa Akin. Sa sabi-sabi at gawa-gawa lamang nagkaroon ng “Ako” sa imahinasyon ng tao. Samakatuwid ay naaayon Ako sa imahinasyong ito ng tao—ibig sabihin, sa mga kuru-kuro ng tao—upang maharap “Ako” sa isipan ng mga tao, upang mabago Ko ang kalagayan ng “Ako” na natanim sa kanilang isipan sa loob ng napakaraming taon. Ito ang prinsipyo ng Aking gawain. Wala ni isang taong nakaalam nito nang lubusan. Bagama’t nagpatirapa ang mga tao sa Akin at humarap sa Akin upang sambahin Ako, hindi ako nasisiyahan sa gayong mga kilos ng tao, sapagkat sa kanilang puso, hindi hawak ng mga tao ang Aking larawan, kundi isang larawang hindi sa Akin. Samakatuwid, dahil hindi nila nauunawaan ang Aking disposisyon, hindi man lamang nakikilala ng mga tao ang Aking tunay na mukha. Dahil dito, kapag naniniwala sila na nalabanan nila Ako o nalabag nila ang Aking mga atas administratibo, hindi Ko pa rin sila pinapansin—at sa gayon, sa kanilang alaala, Ako ay isang Diyos na nagpapakita ng awa sa mga tao sa halip na kumakastigo sa kanila, o kaya ay Ako ang Diyos Mismo na hindi seryoso sa Kanyang sinasabi. Lahat ng ito ay mga imahinasyong bunga ng pag-iisip ng tao, at hindi naaayon sa mga katotohanan.

Araw-araw Kong inoobserbahan ang buong sansinukob, at mapagpakumbaba Kong itinatago ang Aking Sarili sa Aking tirahan, dinaranas ang buhay ng tao at pinag-aaralang mabuti ang bawat gawa ng sangkatauhan. Kailanma’y walang sinumang tunay na nag-alay ng kanilang sarili sa Akin; kailanma’y walang sinumang nagsikap na matamo ang katotohanan. Kailanma’y walang sinumang naging seryoso sa Akin o gumawa ng mga pagpapasiya sa Aking harapan at pagkatapos ay tumupad sa kanilang tungkulin. Kailanma’y walang sinumang nagtulot na manahan Ako sa kanila, ni nagpahalaga sa Akin na tulad ng pagpapahalaga ng mga tao sa sarili nilang buhay. Kailanma’y walang sinumang nakakita, sa praktikal na realidad, sa Aking buong pagka-Diyos; kailanma’y walang sinumang naging handang makipag-ugnayan sa praktikal na

Diyos Mismo. Kapag nilalamon nang buong-buo ng mga tubig ang mga tao, inililigtas Ko sila mula sa mga tubig na iyon na hindi dumadaloy at binibigyan sila ng pagkakataong mabuhay na muli. Kapag nawawala ang kumpiyansa ng mga tao na mabuhay, inaahon Ko sila mula sa bingit ng kamatayan, pinagkakalooban sila ng lakas ng loob na magpatuloy sa buhay upang magamit nila Ako bilang pundasyon ng kanilang pag-iral. Kapag sinusuwat Ako ng mga tao, nagpapakilala Ako sa kanila mula sa kanilang pagsuwat. Dahil sa dating likas na pagkatao ng sangkatauhan, at dahil sa Aking awa, sa halip na ipapatay ang mga tao, tinutulutan Ko silang magsisi at magsimulang muli. Kapag nagdaranas sila ng taggutom, bagama't isang hininga na lamang ang natitira sa kanilang katawan, inaagaw Ko sila mula sa kamatayan, pinipigilan silang mahulog sa bitag ng panlilinlang ni Satanas. Napakaraming beses nang nakita ng mga tao ang Aking kamay, napakaraming beses na nilang nasaksihan ang Aking mabait na mukha at nakangiting mukha, at napakaraming beses na nilang nakita ang Aking kamahalan at poot. Bagama't hindi Ako nakilala ng sangkatauhan kailanman, hindi Ko sinasamantala ang kanilang kahinaan bilang mga pagkakataon na sadyang galitin sila. Sa pagdanas ng mga paghihirap ng sangkatauhan, nagawa Kong makiramay sa kahinaan ng tao. Tumutugon lamang Ako sa pagsuwat at kawalan ng utang-na-loob ng mga tao kaya Ako nagpapatupad ng iba-ibang antas ng mga pagkastigo.

Itinatago Ko ang Aking Sarili kapag abala ang mga tao, at inihahayag Ko ang Aking Sarili sa libreng oras nila. Iniisip ng mga tao na alam Ko ang lahat ng bagay; itinuturing nila Ako bilang Diyos Mismo na sumasang-ayon sa lahat ng pagsusumamo. Sa gayon, humaharap sa Akin ang karamihan para lamang humingi ng tulong ng Diyos, hindi dahil hangad nilang makilala Ako. Kapag namimilipit sa tindi ng karamdaman, nagsusumamo kaagad ang mga tao para sa Aking tulong. Sa oras ng kagipitan, ipinagtatapat nila sa Akin ang kanilang mga paghihirap nang kanilang buong kakayahan, upang mas maibsan ang kanilang pagdurusa. Gayunman, walang isa mang tao na nagawang mahalin din Ako habang nagiginhawahan; walang isa mang tao na lumapit sa mga panahon ng kapayapaan at kaligayahan, upang makabahagi Ako sa kanilang kagalakan. Kapag masaya at malusog ang kanilang maliliit na pamilya, matagal na Akong isinantabi o pinagsarhan ng pinto ng mga tao, na pumipigil sa Akin na pumasok upang matamasa nila ang pinagpalang kaligayahan ng kanilang pamilya. Napakakitid ng isip ng tao; napakakitid para tanggapin man lamang ang isang Diyos na mapagmahal, maawain, at madaling lapitan na katulad Ko. Napakaraming beses na Akong tinanggihan ng mga tao sa mga panahon ng kanilang masayang tawanan; napakaraming beses na Akong sinandigan ng mga tao bilang isang saklay nang matisod sila; napakaraming beses na Akong napilitang maging doktor ng mga taong naghihirap sa karamdaman. Napakalupit ng mga tao! Lubos silang hindi makatwiran at imoral. Kahit ang mga damdaming dapat sana'y mayroon ang mga tao ay hindi madama sa kanila; halos ganap silang walang anumang bakas ng pagkatao. Pagnilayan ang nakaraan, at ikumpara ito sa kasalukuyan: Mayroon bang mga pagbabagong nangyayari sa inyong kalooban? Naiwaksi mo na ba

ang ilan sa mga bagay mula sa iyong nakaraan? O kailangan pa bang palitan ang nakaraang iyon?

Nagpabalik-balik na Ako sa mga bulubundukin at lambak ng ilog, na nagdaranas ng mga tagumpay at kabiguan ng mundo ng mga tao. Nakagala na Ako na kasama sila, at namuhay na Ako nang maraming taon na kasama sila, subalit mukhang napakaliit ng ipinagbago ng disposisyon ng sangkatauhan. At parang nag-ugat na at umusbong ang dating likas na pagkatao ng mga tao sa kanila. Hindi nila kailanman nagawang baguhin ang dating likas na pagkataong iyon; pinabubuti lamang nila iyon kahit paano mula sa orihinal nitong pundasyon. Tulad ng sinasabi ng mga tao, hindi nagbago ang kakanyahan, ngunit nagbago nang husto ang anyo. Tila tinatangka Akong lokohin at silawin ng lahat ng tao, upang makalusot sila at makamit ang Aking pagpapahalaga. Hindi Ko hinahangaan ni pinapansin ang mga panlilinlang ng tao. Sa halip na magsiklab sa galit, nakatingin lamang Ako ngunit wala Akong nakikita. Plano Kong gawaran ng isang tiyak na antas ng kaluwagan ang sangkatauhan at, pagkaraan nito, sama-samang pakitunguhan ang lahat ng tao. Dahil mga walang silbi na kalunos-lunos ang lahat ng tao na hindi mahal ang kanilang sarili, at hindi man lamang itinatangi ang kanilang sarili, kung gayon, bakit pa nila kakailanganin na magpakita Akong muli ng awa at pagmamahal? Walang eksepsyon, hindi kilala ng mga tao ang kanilang sarili, ni hindi nila alam kung gaano sila kahalaga. Dapat nilang timbangin ang kanilang sarili. Hindi Ako pinakikinggan ng mga tao, kaya hindi Ko rin sila sineseryoso. Hindi nila Ako pinapansin, kaya hindi Ko rin kailangang higit pang magpakapagod sa kanila. Hindi ba ito ang pinakamasaya sa dalawang sitwasyong ito? Hindi ba kayo inilalarawan nito, Aking mga tao? Sino na sa inyo ang nakagawa ng pagpapasiya sa Aking harapan at hindi iwinaksi ang mga ito pagkatapos? Sino na ang nakagawa ng pangmatagalang mga pagpapasiya sa Aking harapan sa halip na madalas na itakda ang kanilang isipan sa mga bagay-bagay? Noon pa man, gumagawa na ang mga tao ng mga pagpapasiya sa Aking harapan sa mga panahon ng kaluwagan, at pagkatapos ay binabawing lahat ang mga ito sa mga panahon ng kagipitan; pagkatapos, kalaunan, muli nilang binubuhay ang kanilang pagpapasiya at inilalahad iyon sa Aking harapan. Lubha ba Akong hindi kagalang-galang para basta Ko na lamang tanggapin ang basurang ito na napulot ng sangkatauhan mula sa tambakan ng basura? Kakaunting tao ang kumakapit sa kanilang mga pagpapasya, kakaunti ang walang sala, at kakaunti ang nag-aalay ng mga bagay na pinakamahalaga sa kanila bilang sakripisyo sa Akin. Hindi ba ganoon kayong lahat? Kung hindi ninyo matupad ang inyong mga tungkulin bilang mga miyembro ng Aking mga tao sa kaharian, kamumuhian at tatanggihan Ko kayo!

Marso 12, 1992

Kabanata 15

Ang mga tao ay pawang mga nilalang na hindi kilala ang sarili, at hindi nila kayang makilala ang kanilang sarili. Magkagayunman, kilala nila ang lahat ng iba pa na gaya ng likod ng kanilang mga kamay, na para bang lahat ng nagawa at nasabi ng iba ay “nasuri” na muna nila, sa harap nila mismo, at tumanggap ng kanyang pagsang-ayon bago isinagawa. Dahil dito, para bang nakuha pa nila ang buong sukat ng lahat ng iba pa, hanggang sa kalagayan ng kanilang isipan. Ganito ang lahat ng tao. Kahit nakapasok na sila sa Kapanahunan ng Kaharian ngayon, nananatiling walang pagbabago ang kanilang likas na pagkatao. Ginagawa pa rin nila ang Aking ginagawa sa Aking harapan, samantalang sa Aking likuran ay nagsisimula silang gumawa ng kanilang sariling kakaibang “kalakal.” Gayunman, pagkatapos nito, kapag humaharap sila sa Akin, parang ganap na ibang tao na sila, mukhang panatag at walang kinatatakutan, tiwasay ang mukha at matatag ang pulso. Hindi ba ito mismo ang dahilan kaya lubhang kasuklam-suklam ang mga tao? Napakaraming taong nagpapakita ng dalawang ganap na magkaibang mukha—ang isa habang nasa Aking harapan, at ang isa naman habang nasa Aking likuran. Napakarami sa kanila ang umaaktong parang mga bagong-silang na cordero kapag nasa Aking harapan, ngunit kapag nasa Aking likuran, nagiging mababangis silang tigre at kalaunan ay umaaktong parang maliliit na ibon na masayang lumilipad-lipad sa kaburulan. Napakaraming nagpapakita ng layunin at matibay na pagpapasya sa Aking harapan. Napakaraming humaharap sa Akin na hinahanap ang Aking mga salita nang may pagkauhaw at pananabik, ngunit kapag nasa Aking likuran, kinasusuya at inaayawan nila ang mga ito, na para bang pabigat ang Aking mga salita. Napakaraming beses, pagkakita Ko na ginawang tiwali ng Aking kaaway ang lahi ng tao, nawalan na Ako ng pag-asa sa mga tao. Napakaraming beses, nang makita Ko sila sa Aking harapan, na luhaang humihingi ng tawad, magkagayunman, dahil sa kawalan nila ng paggalang sa sarili at sa katigasan ng kanilang ulo, sa galit ay ipinikit Ko na ang Aking mga mata sa kanilang mga kilos, kahit wagas ang kanilang puso at tapat ang kanilang mga layon. Napakaraming beses, nakita Ko na ang mga tao na sapat ang tiwalang makipagtulungan sa Akin, na, kapag nasa Aking harapan, tila yakap-yakap Ko, na tinitikman ang init nito. Napakaraming beses, nang masaksikan Ko ang kawalang-malay, sigla, at pagiging kaibig-ibig ng mga taong Aking hinirang, paanong hindi Akong lubhang masisiyahan dahil sa mga bagay na ito? Hindi alam ng mga tao kung paano tamasahin ang kanilang itinakdang mga pagpapala sa Aking mga kamay, sapagkat hindi nila nauunawaan kung ano talaga ang kahulugan kapwa ng “mga pagpapala” at “pagdurusa.” Dahil dito, malayong maging tapat ang mga tao sa kanilang paghahanap sa Akin. Kung walang bukas, sino sa inyo na nakatayo sa Aking harapan ang magiging dalisay na katulad ng pinaspas na niyebe at walang-dungis na katulad ng jade? Maaari kayang ang inyong pagmamahal sa Akin ay isang bagay lamang na maaaring ipagpalit sa masarap na pagkain, magarang kasuotan, o mataas na katungkulan na may

napakalaking suweldo? Maipagpapalit ba ito sa pagmamahal sa iyo ng iba? Maaari kaya na ang pagdaan sa mga pagsubok ay magtutulak sa mga tao na talikuran ang pagmamahal nila sa Aking? Magrereklamo kaya sila tungkol sa Aking mga plano dahil sa pagdurusa at mga kapighatian? Wala pang sinuman talagang nagpahalaga sa matalim na espadang nasa Aking bibig: Alam lamang nila ang mababaw na kahulugan nito nang hindi talaga iniintindi kung ano ang kinakailangan nito. Kung talagang nakikita ng mga tao ang talim ng Aking espada, magtatakbuhan sila na parang mga daga patungo sa kanilang mga lungga. Dahil sa kanilang pagkamanhid, walang nauunawaan ang mga tao sa totooong kahulugan ng Aking mga salita, kaya nga wala silang kaalam-alam kung gaano nakakatakot ang Aking mga pagbigkas o kung gaano talaga ang nabubunyag sa likas na pagkatao ng tao at kung gaano na sa kanilang sariling katiwalian ang nahatulan ng mga salitang iyon. Dahil dito, bilang resulta ng kanilang hilaw na mga ideya tungkol sa Aking sinasabi, nanlamig na ang damdamin ng karamihan sa mga tao.

Sa loob ng kaharian, hindi lamang lumalabas ang mga pagbigkas mula sa Aking bibig, kundi pormal na tumatapak ang Aking mga paa saanmang dako sa lahat ng lupain. Sa ganitong paraan, nagtagumpay na Ako laban sa lahat ng marumi at karumal-dumal na lugar, sa gayon ay hindi lamang ang langit ang nagbabago, kundi nasa proseso rin ng pagbabago ang mundo, at pagkatapos ay napapanibago. Sa loob ng kosmos, lahat ay nagniningning na parang bago sa kaningningan ng Aking kaluwalhatian, na naglalahad ng nakaaantig na aspeto na nagpapalugod sa pakiramdam at nagpapasigla sa espiritu ng mga tao, na para bang umiiral ito ngayon sa isang langit na lagpas pa sa kalangitan, ayon sa imahinasyon ng tao, na hindi nagagambala ni Satanas at malaya sa mga pag-atake ng mga kaaway sa labas. Sa pinakamataas na naaabot ng sansinukob, lumulugar ang napakaraming bituin sa kanilang nakatalagang posisyon sa utos Ko, na kumikislap ang liwanag sa rehiyon ng mga bituin sa mga oras ng kadiliman. Wala ni isang nilalang ang nangangahas na mag-isip ng kasutilan, kaya nga, alinsunod sa diwa ng Aking mga atas administratibo, ang buong sansinukob ay maayos na pinangangasiwaan at nasa perpektong kaayusan: Hindi nagkaroon ng kaguluhan kailanman, ni hindi nagkahati-hati ang kosmos kailanman. Nagpapairal Ako ng nagliliparang paglukso sa ibabaw ng mga bituin, at kapag naglalabas ng mga sinag ang araw, pinapawi Ko ang init ng mga ito, nagpapadala Ako ng mga malalaking umiikot na mga snowflake na sinlaki ng mga balahibo ng gansa na lumulutang pababa mula sa Aking mga kamay. Kapag nagbabago Ako ng isip, lahat ng niyebe ay natutunaw patungo sa ilog, at sa isang iglap, nagsimula na ang tagsibol sa lahat ng dako sa silong ng kalangitan at naging luntian nang tulad ng esmeralda ang buong tanawin sa ibabaw ng lupa. Nagpapagala-gala Ako sa itaas ng kalawakan, at ang daigdig ay nababalutan kaagad ng napakaitim na kadiliman dahil sa Aking anyo: Walang anu-ano, “gabi” na, at napakadilim ng buong mundo kaya hindi makita ninuman ang kanyang kamay na nakaharap sa kanyang mukha. Kapag napawi na ang liwanag, sinasamantala ng sangkatauhan ang sandaling ito upang magsimulang dumaluhong sa pagwasak sa isa’t isa, na nang-aagaw at

nandarambong sa isa't isa. Sa gayon ay nagkakagulo at nagkakawatak-watak ang mga bansa sa lupa at pumapasok sa maputik na kaguluhan, hanggang sa hindi na sila maaaring tubusin pa. Nahihirapan ang mga tao sa tindi ng pagdurusa, dumaraing at naghihinagpis sa gitna ng kanilang pasakit, at kalunus-lunos ang panaghoy sa kanilang pagdurusa, nananabik na minsan pang biglang lumitaw ang liwanag sa mundo ng tao at sa gayon ay mawakasan ang mga panahon ng kadiliman at maipanumbalik ang sigla na minsang umiral. Gayunman, matagal Ko nang iniwan ang sangkatauhan, sa isang pitik ng Aking mga manggas, at hindi na muling maaawa sa kanila kailanman para sa mga kamalian ng mundo: Matagal Ko nang kinamuhian at tinanggihan ang mga tao ng buong mundo, ipinikit ang Aking mga mata sa mga kundisyon doon, itinalikod ang Aking mukha sa bawat galaw at kumpas ng sangkatauhan, at tumigil sa pagkalugod sa pagiging batang-isip at kawalang-malay nito. Nagsimula na Ako sa isa pang planong panibaguhin ang mundo, upang mas maagang makasumpong ng panibagong pagsilang ang bagong mundong ito, at hindi na muling malubog. Sa gitna ng sangkatauhan, napakaraming kakatwang kalagayang naghihintay na itama Ko, napakaraming kamaliang kailangan Kong personal na pigilang mangyari, napakarami Kong wawalising alikabok, at napakarami Kong ilalantad na hiwaga. Hinihintay Ako ng buong sangkatauhan, at nananabik sila sa Aking pagdating.

Sa lupa, Ako ang praktikal na Diyos Mismo na nananahan sa puso ng mga tao; sa langit, Ako ang Panginoon ng lahat ng nilikha. Naakyat Ko na ang kabundukan at natawid ang mga ilog, at naglabas-pasok na Ako sa gitna ng sangkatauhan. Sino ang hayagang nangangahas na lumaban sa praktikal na Diyos Mismo? Sino ang nangangahas na umalpas sa paghahari ng Makapangyarihan sa lahat? Sino ang nangangahas na igiit, nang walang alinlangan, na Ako ay nasa langit? Bukod pa ryan, sino ang nangangahas na igiit na walang-alinlangan na narito Ako sa lupa? Wala ni isa sa buong sangkatauhan ang may kakayahang ipaliwanag nang malinaw ang bawat detalye ng mga lugar na Aking tinatahanan. Maaari kaya na tuwing Ako ay nasa langit, Ako ang higit-sa-karaniwang Diyos Mismo, at na tuwing Ako ay nasa lupa, Ako ang praktikal na Diyos Mismo? Ako man ang praktikal na Diyos Mismo o hindi, sigurado namang hindi ito matutukoy sa Aking pagiging Pinuno ng lahat ng nilikha o sa katotohanan na nararanasan Ko ang mga pagdurusa sa mundo ng mga tao, hindi ba? Kung ganyan ang mangyayari, hindi ba mawawalan ng pag-asa ang pagiging mangmang ng mga tao? Nasa langit Ako, ngunit nasa lupa rin Ako; Kasama Ko ang napakaraming bagay na nilikha, pati na ang masa. Nahahawakan Ako ng mga tao araw-araw; bukod pa ryan, nakikita nila Ako araw-araw. Pagdating sa sangkatauhan, tila kung minsan ay nakatago Ako at kung minsan ay nakikita Ako; tila talagang umiiral Ako, subalit tila hindi rin Ako umiiral. Nakasalalay sa Akin ang mga hiwagang di-maarok ng sangkatauhan. Para bang lahat ng tao ay sinisilip Ako sa isang mikroskopyo upang tuklasin ang iba pang mga hiwaga sa Akin, na umaasang sa gayong paraan ay maiwaksi ang kabalisan sa kanilang puso. Gayunman, kahit gumamit pa sila ng mga

X-ray, paano mabubuklat ng sangkatauhan ang anuman sa mga lihim na itinatago Ko?

Sa sandali mismo na ang Aking mga tao, dahil sa Aking gawain, ay magtamo ng kaluwalhatian kasama Ko, mahuhukay ang pugad ng malaking pulang dragon, maaalis ang lahat ng putik at dumi, at lahat ng maruming tubig, na naipon sa loob ng napakaraming taon, ay matutuyo sa Aking mga naglalagablab na apoy, upang hindi na umiral. Pagkatapos, masasawi ang malaking pulang dragon sa lawa ng apoy at asupre. Talaga bang handa kayong manatili sa ilalim ng Aking mapagmahal na pangangalaga upang hindi kayo maagaw ng dragon? Talaga bang kinamumuhian ninyo ang mapanlinlang na mga pakana nito? Sino ang matibay na makapagpapatotoo para sa Akin? Alang-alang sa Aking pangalan, alang-alang sa Aking Espiritu, at alang-alang sa Aking buong plano ng pamamahala, sino ang makapag-aalay ng lahat ng kanilang lakas? Ngayon, kung kailan ang kaharian ay nasa mundo ng tao, ang panahon na naparito Ako nang personal sa sangkatauhan. Kung hindi nagkagayon, mayroon bang magsasapalaran na pumasok sa digmaan para sa Akin nang walang anumang pangamba? Upang magkahubog ang kaharian, upang masiyahan ang Aking puso, at bukod pa ryan, upang sumapit ang Aking araw, upang dumating ang panahon na muling isilang at lumago nang sagana ang napakaraming bagay na nilikha, upang masagip ang mga tao mula sa dagat-dagatan ng pagdurusa, upang dumating ang bukas, at upang ito ay maging kamangha-mangha, at mamulaklak at yumabong at, bukod pa ryan, upang magkaroon ng kagalakan ang hinaharap, nagsusumikap nang husto ang lahat ng tao, na walang itinitira sa pagsasakripisyo ng kanilang sarili para sa Akin. Hindi ba ito isang tanda na Akin na ang tagumpay? Hindi ba ito isang tanda ng kaganapan ng Aking plano?

Kapag mas matagal na umiiral ang mga tao sa mga huling araw, mas madarama nila ang kahungkagan ng mundo, at mas kakaunti ang tapang na tataglayin nila para mabuhay. Dahil dito, napakaraming taong namatay sa kabiguan, napakaraming iba pang nabigo sa kanilang mga pakikipagsapalaran, at napakaraming iba pang nagdaranas mismo na manipula ng kamay ni Satanas. Nasagip Ko na ang napakaraming tao at nasuportahan ang napakarami sa kanila, at, napakadalas, kapag nawala ang liwanag sa mga tao, naibalik Ko sila sa lugar na may liwanag upang makilala nila Ako sa gitna ng liwanag at matamasa Ako sa gitna ng kaligayahan. Dahil sa pagdating ng Aking liwanag, sumisibol ang pagsamba sa puso ng mga taong nananahan sa Aking kaharian, sapagkat Ako ay isang Diyos na mamahalin ng sangkatauhan—isang Diyos na mapagmahal na kinakapitan ng sangkatauhan—at puspos sila ng may nananahang impresyon sa Aking kaanyuan. Magkagayunman, kapag nasabi at nagawa na ang lahat, walang sinumang nakakaunawa kung ito ay kagagawan ng Espiritu o gawain ng katawang-tao. Buong buhay ang kakailanganin ng mga tao para lamang maranasan ang isang bagay na ito nang detalyado. Hindi pa Ako kinamuhian ng mga tao kailanman sa kaibuturan ng kanilang puso; sa halip, kumakapit sila sa Akin sa kaibuturan ng kanilang espiritu. Pinag-iibayo ng Aking karunungan ang kanilang paghanga, pinagpipiyestahan ng kanilang mga mata ang mga kababalaghang Aking ginagawa, at nililito ng Aking mga

salita ang kanilang isipan, subalit itinatangi nila ang mga ito nang buong pagmamahal. Ang Aking realidad ay iniwan ang mga tao na nalilito, tulala at naguguluhan, subalit handa silang tanggapin ito. Hindi ba ito mismo ang sukatan ng mga tao kung ano sila talaga?

Marso 13, 1992

Kabanata 16

Napakarami Kong gustong sabihin sa tao, napakaraming bagay na kailangan Kong sabihin sa kanya. Ngunit kulang na kulang ang kakayahan ng tao na tumanggap; hindi kaya ng tao na lubos na maintindihan ang Aking mga salita ayon doon sa Aking ibinigay, at isang aspeto lamang ang kanyang nauunawaan, samantalang nananatiling mangmang tungkol sa iba. Subalit hindi Ko pinarurusahan ng kamatayan ang tao dahil sa kawalan niya ng lakas, ni hindi Ako naagrabyado sa kanyang kahinaan. Ginagawa Ko lamang ang Aking gawain, at nagsasalita na tulad ng lagi Kong ginagawa, kahit hindi nauunawaan ng tao ang Aking kalooban; pagdating ng araw, makikilala Ako ng mga tao sa kaibuturan ng kanilang puso, at maaalala Ako sa kanilang isipan. Kapag nilisan Ko ang mundong ito, iyon mismo ang panahon na aakyat Ako sa trono sa puso ng tao, ibig sabihin, iyon ang panahon na makikilala Ako ng lahat ng tao. Gayundin, iyon ang panahon na mamumuno ang Aking mga anak na lalaki at mga tao sa lupa. Yaong mga nakakakilala sa Akin ay tiyak na magiging mga haligi ng Aking kaharian, at sila lamang ang magiging karapat-dapat na mamuno at gumamit ng kapangyarihan sa Aking kaharian. Lahat ng nakakakilala sa Akin ay taglay ang Aking katauhan, at naisasabuhay Ako sa gitna ng lahat ng tao. Wala Akong pakialam kung gaano Ako kakilala ng tao: Walang sinumang maaaring humadlang sa Aking gawain sa anumang paraan, at walang maitutulong at magagawa ang tao para sa Akin. Masusundan lamang ng tao ang Aking patnubay sa Aking liwanag, at mahahanap ang Aking kalooban sa liwanag na ito. Ngayon, may mga kwalipikasyon na ang mga tao, at naniniwala sila na kaya nilang magmayabang sa Aking harapan, at makipagtawanan at makipagbiruan sa Akin nang wala ni katiting na pangingimi, at pakitunguhan Ako bilang isang kapantay. Hindi pa rin Ako kilala ng tao, naniniwala pa rin siya na magkapareho ang aming likas na katangian, na pareho kaming may laman at dugo, at parehong nananahan sa mundo ng tao. Babahagya ang kanyang pagpipitagan sa Akin; nagpipitagan siya sa Akin kapag kaharap niya Ako, ngunit wala siyang kakayahang maglingkod sa Akin sa harap ng Espiritu. Para bang ang Espiritu, para sa tao, ay hindi man lamang umiiral. Dahil dito, wala pang taong nakakilala sa Espiritu kailanman; sa Aking pagkakatawang-tao, ang nakikita lamang ng mga tao ay isang katawang may laman at dugo, at hindi nahihiwatigan ang Espiritu ng Diyos. Maaari kayang tunay na matupad ang Aking

kalooban sa ganitong paraan? Bihasa ang mga tao sa panlilinlang sa Akin; tila talagang naturuan sila ni Satanas upang lokohin Ako. Subalit hindi Ako naliligalig kay Satanas. Gagamitin Ko pa rin ang Aking karunungan para lupigin ang buong sangkatauhan at talunin ang nagtitiwali sa buong sangkatauhan, nang sa gayon ay maitatag ang Aking kaharian dito sa lupa.

Sa mga tao, may mga nagtangkang tiyakin ang sukat ng mga bituin, o ang lawak ng kalawakan. Subalit kailanman ay hindi nagkaroon ng bunga ang kanilang pagsasaliksik, at nagyuko na lamang sila ng ulo sa pagkadismaya at tinanggap ang kanilang pagkakamali. Sa pagtingin sa lahat ng tao at pagmamasid sa galaw ng tao sa kanyang mga pagkakamali, wala Akong nakikita na lubos na kumbinsido tungkol sa Akin, walang sumusunod sa Akin at nagpapasakop sa Akin. Napakabangis ng mga ambisyon ng tao! Noong madilim ang buong mukha ng kailaliman, unti-unti Kong natikman sa piling ng tao ang kapaitan ng mundo. Naglalakbay ang Aking Espiritu sa buong mundo at nakatingin sa puso ng lahat ng tao, subalit, nilulupig Ko rin ang sangkatauhan sa Aking nagkatawang-taong laman. Hindi Ako nakikita ng tao, sapagkat siya ay bulag; hindi Ako nakikilala ng tao, sapagkat naging manhid na siya; kinokontra Ako ng tao, sapagkat siya ay suwail; yumuyukod ang tao sa Aking harapan, sapagkat siya ay nalupig Ko na; natututuhan Akong mahalin ng tao, sapagkat likas Akong nararapat sa pagmamahal ng tao; isinasabuhay Ako ng tao at ipinapakita Ako, dahil ang Aking kapangyarihan at Aking karunungan ay ginawa siyang kaayon ng Aking puso. May puwang Ako sa puso ng tao, ngunit hindi Ko natanggap kailanman ang pagmamahal sa Akin ng tao na nananahan sa kanyang espiritu. Tunay ngang may mga bagay sa espiritu ng tao na minamahal niya nang higit sa lahat, ngunit hindi Ako isa sa mga iyon, kaya nga ang pagmamahal ng tao ay parang bula ng sabon: Kapag umiihip ang hangin, pumuputok ito at nawawala, at hindi na muling makikita kailanman. Hindi Ako nagbago kailanman at hindi nagbabago ang Aking pagtingin sa tao. Mayroon bang sinuman sa sangkatauhan na nakagawa nito? Sa mga mata ng tao, hindi Ako nahihipo at nakikita na tulad ng hangin, at dahil dito, karamihan sa mga tao ay naghahanap lamang sa walang-hangganang kalangitan, o sa gumugulong na alon ng dagat, o sa payapang lawa, o sa mga hungkag na mga titik at doktrina. Wala ni isang tao ang nakakaalam sa diwa ng sangkatauhan, lalo nang walang sinumang makakapagsabi ng kahit ano tungkol sa hiwagang nasa Aking kalooban, kaya nga hindi Ko hinihiling na makamtan ng tao ang pinakamataas na mga pamantayan na iniisip niyang hinihiling Ko sa kanya.

Sa gitna ng Aking mga salita, gumuguho ang kabundukan, pabaligtad ang daloy ng tubig, nagpapasakop ang tao, at nagsisimulang dumaloy nang walang tigil ang tubig sa mga lawa. Bagama't dumadaluyong ang nagngangalit na alon sa mga dagat patungo sa langit, sa gitna ng Aking mga salita ay kumalma ang mga dagat na ito tulad ng ibabaw ng isang lawa. Sa pinakabahagyang kumpas ng Aking kamay, agad na napapawi ang mababagsik na unos at lumalayo sa Akin, at ang mundo ng tao ay agad na napayapang muli. Ngunit kapag pinawalan Ko ang Aking matinding poot, agad na gumuguho ang

kabundukan, agad na nagsisimulang yumanig ang lupa, agad na natutuyo ang tubig, at agad na sumasapit ang kalamidad sa tao. Dahil sa Aking poot, hindi Ko pinapansin ang mga hiyaw ng tao, wala Akong ibinibigay na tulong bilang tugon sa kanyang pagtangis, sapagkat nagngingitngit Ako sa galit. Kapag Ako ay nasa kalangitan, hindi kailanman nakararamdam ng takot ang mga bituin sa Aking presensya. Sa halip, itinuon nila ang kanilang puso sa kanilang gawain para sa Akin, kaya pinagkakalooban Ko sila ng dagdag na liwanag at lalong pinaniningning ang kanilang pagsikat, kaya nagtatamo sila ng mas dakilang kaluwhatian para sa Akin. Kapag mas maliwanag ang kalangitan, mas madilim ang mundo sa ilalim; kaya maraming tao ang nagreklamo na hindi angkop ang Aking mga plano, napakarami nang tumalikod sa Akin upang magtayo ng sarili nilang kaharian, na ginagamit nila upang ipagkanulo Ako, at baligtarin ang kalagayan ng kadiliman. Subalit sino na ang nakapagpasiyang gawin ito? At sino na ang naging matagumpay sa kanilang pagpapasiya? Sino ang maaaring magbaligtad ng naip plano na ng Aking kamay? Kapag lumalaganap ang tagsibol sa buong lupain, lihim at tahimik Akong nagpapadala ng liwanag sa mundo, upang, sa lupa, biglang madarama ng tao ang kasariwaan sa hangin. Subalit sa sandaling iyon mismo, pinalalabo Ko ang mga mata ng tao, kaya ang nakikita lamang niya ay ang hamog na nakalambong sa lupa, at lahat ng tao at bagay ay nagiging malabo. Ang tanging magagawa ng mga tao ay bumuntong-hininga sa kanilang sarili at isipin, “Bakit sandali lamang tumagal ang liwanag? Bakit hamog at kalabuan lamang ang ibinibigay ng Diyos sa tao?” Sa gitna ng kawalang-pag-asa ng mga tao, naglalaho ang hamog sa isang iglap, ngunit kapag may namataan silang isang kislap ng liwanag, nagpapakawala Ako ng malakas na buhos ng ulan sa kanila, at nabibingi ang kanilang mga tainga sa kulog habang sila ay natutulog. Dahil sa takot, wala na silang panahon para kumanlong, at nilalamon sila ng malakas na buhos ng ulan. Sa isang iglap, lahat ng bagay sa ilalim ng kalangitan ay inaanod sa gitna ng Aking nagpupuyos na galit. Hindi na nagreklamo ang mga tao tungkol sa pagsisimula ng malakas na ulan, at nagkakaroon silang lahat ng pagpipitagan. Dahil sa biglang pagbuhos na ito ng ulan, karamihan sa mga tao ay nalulunod sa tubig na bumubuhos mula sa langit, at nagiging mga bangkay sa tubig. Minamasdan Ko ang buong mundo at nakikita Ko na marami ang nagigising, na marami ang nagsisisi, na marami ang naghahanap sa pinagmulan ng mga tubig sa maliliit na bangka, na marami ang yumuyukod sa Akin upang humingi ng Aking kapatawaran, na marami na ang nakakita sa liwanag, na marami na ang nakakita sa Aking mukha, na marami na ang may tapang na mabuhay, at na nabago na ang buong mundo. Pagkaraan ng malakas na pagbuhos na ito ng ulan, nagbalik na ang lahat ng bagay sa kung ano ang mga ito sa Aking isipan, at hindi na sila suwail. Hindi nagtagal, ang buong lupain ay napuno ng tawanan, saanmang dako sa mundo ay puno ng papuri, at walang lugar na wala ang Aking kaluwhatian. Ang Aking karunungan ay nasa lahat ng dako sa mundo, at sa buong sansinukob. Sa lahat ng bagay ay naroon ang mga bunga ng Aking karunungan, lahat ng tao ay sagana sa mga obra maestra ng Aking karunungan; lahat ng bagay ay

katulad ng lahat ng bagay sa Aking kaharian, at lahat ng tao ay namamahinga sa ilalim ng Aking kalangitan na tulad ng mga tupa sa Aking mga pastulan. Gumagalaw Ako sa ibabaw ng lahat ng tao at nagmamasid Ako sa lahat ng dako. Walang anumang mukhang luma kailanman, at walang taong katulad ng dati. Namamahinga Ako sa trono, nakasandig Ako sa ibabaw ng buong sansinukob, at lubos Akong nasisiyahan, sapagkat nabawi na ng lahat ng bagay ang kanilang kabanalan, at muli Akong maninirahan nang payapa sa loob ng Sion, at ang mga tao sa lupa ay maaaring mamuhay nang mapayapa at kuntento sa ilalim ng Aking patnubay. Lahat ng tao ay pinangangasiwaan ang lahat ng bagay sa Aking kamay, lahat ng tao ay nabawi na ang dati nilang katalinuhan at orihinal na anyo; hindi na sila nababalutan ng alabok, kundi, sa Aking kaharian, sila ay banal na tulad ng jade, bawat isa ay may mukhang gaya ng sa banal na nasa puso ng tao, sapagkat ang Aking kaharian ay naitatag na sa mga tao.

Marso 14, 1992

Kabanata 17

Umaalingawngaw ang Aking mga pagbigkas tulad ng kulog, na nagbibigay ng liwanag sa lahat ng direksyon at sa buong mundo, at sa gitna ng kulog at kidlat, pinapatay ang sangkatauhan. Wala pang taong nanatiling matatag kailanman sa gitna ng kulog at kidlat; karamihan sa mga tao ay lubhang nasisindak sa pagdating ng Aking liwanag at hindi malaman kung ano ang gagawin. Nang magsimulang lumitaw sa Silangan ang bahagyang sinag ng liwanag, maraming tao, na naantig sa bahagyang liwanag na ito, ang agad-agad na napukaw mula sa kanilang mga ilusyon. Subalit wala pang sinumang nakatanto na dumating na ang araw na bumababa sa mundo ang Aking liwanag. Karamihan sa mga tao ay natulala sa biglaang pagdating ng liwanag, at ang ilan, na nakatitig nang may nag-uusisang pagkamangha, ay minamasdan ang mga galaw ng liwanag at ang direksyong pinatutunguhan nito, samantalang nakahanda ang ilan habang nakaharap sa liwanag, upang mas malinaw nilang mauunawaan ang pinagmumulan ng liwanag. Magkagayunman, natuklasan na ba ng sinuman kung gaano kahalaga ang liwanag ng ngayon? Mayroon bang sinuman na napukaw sa pagiging katangi-tangi ng liwanag ng ngayon? Karamihan sa mga tao ay naguguluhan lamang; nasasaktan ang kanilang mga mata at inihagis sila ng liwanag sa putikan. Sa ilalim ng malabong liwanag na ito, masasabi ng isang tao na natatakpan ng kaguluhan ang lupa, isang nakalulungkot na tanawin na, kapag sinuring mabuti, dumaranas ang isang tao ng napakatinding kalungkutan. Natutuklasan ng isang tao mula rito na, kapag napakalakas ng liwanag, ang kalagayan ng mundo ay di-gaanong matutulutan ang sangkatauhan na tumayo sa Aking harapan. Ang sangkatauhan ay nasa ilalim ng ningning ng liwanag; muli, ang buong sangkatauhan ay nasa ilalim ng pagliligtas ng liwanag, subalit gayundin sa pananakit nito:

Mayroon bang sinuman na hindi nakararanas ng nakamamatay na mga paghampas ng liwanag? Mayroon bang sinuman na makatatakas sa naglalagablab na liwanag? Nakapaglakad na Ako sa buong sansinukob, isinasabog ng Aking mga kamay ang mga binhi ng Aking Espiritu, upang ang buong sangkatauhan sa ibabaw ng lupa ay maaantig Ko dahil dito. Mula sa pinakamataas na tugatog ng kalangitan, tinatanaw Ko ang buong daigdig, minamasdan ang kakatwa at kakaibang kababalaghan ng mga nilalang sa lupa. Ang ibabaw ng karagatan ay parang nagdurusa sa pagyanig ng isang lindol: Paroo't parito ang lipad ng mga ibong-dagat, naghahanap ng isdang malululon. Samantala, nananatiling walang alam ang pusod ng dagat, at ang mga kundisyon sa ibabaw nito ay lubos na walang kakayahang pukawin ito upang magkamalay, dahil ang pusod ng karagatan ay kasing-payapa ng ikatlong langit: Dito, ang mga bagay na may buhay, malaki man o maliit, ay sama-samang umiiral nang magkakasundo, na hindi nakikisangkot kailanman sa “mga pagtatalo ng bibig at dila.” Sa napakaraming kakaiba at nakatutuwang kababalaghan, lubhang nahihirapan ang sangkatauhan na palugurin Ako. Napakataas ng posisyong naibigay Ko sa tao, at sa gayon ay napakataas ng kanyang ambisyon, at sa kanyang mga mata, laging may elemento ng pagsuway. Sa Aking pagdisiplina sa tao, sa Aking paghatol sa kanya, maraming puno ng sakit, maraming puno ng habag, ngunit sa mga bagay na ito, wala ni kaunting ideya ang sangkatauhan. Hindi Ko tinrato nang may kalupitan kailanman ang sinumang tao; nagsagawa lamang Ako ng angkop na mga pagtutuwid noong naging masuwayin ang sangkatauhan, at nag-alok lamang ng angkop na tulong noong siya ay mahina. Ngunit, kapag patuloy na lumalayo sa Akin ang sangkatauhan at bukod pa ryan ay gumagamit ng mapanlinlang na mga pakana ni Satanas upang maghimagsik laban sa Akin, agad Kong lilipulin ang sangkatauhan, na hindi sila binibigyan ng isa pang pagkakataong ipagyabang ang kanilang mga kakayahan sa Aking harapan, upang hindi na sila makapagyabang sa paglakad, na tinatakot ang iba, sa ibabaw ng mundo.

Ginagamit Ko ang Aking awtoridad sa lupa, inilalahad Ko ang Aking gawain sa kabuuan nito. Lahat ng nasa Aking gawain ay nasasalamina sa ibabaw ng lupa; hindi naunawaan ng sangkatauhan kailanman, sa lupa, ang Aking mga galaw sa kalangitan, ni hindi nila pinagnilayang mabuti ang mga pag-ikot at mga direksyon ng Aking Espiritu. Ang naiintindihan lamang ng karamihan sa mga tao ay ang maliliit na detalyeng nasa labas ng espiritu, hindi nila naiintindihan ang aktwal na kalagayan ng espiritu. Ang mga kahilingan Ko sa sangkatauhan ay hindi lumalabas mula sa Aking malabong sarili na nasa langit, o mula sa sarili Kong hindi masuri sa lupa; Gumagawa Ako ng angkop na mga hinihingi ayon sa tayog ng tao sa lupa. Hindi Ko pinaghirap ang sinuman kailanman, ni hindi Ko hiningi sa kaninuman na “pigain ang kanyang dugo” para sa Aking kaluguran—maaari kayang limitahan ang Aking mga hinihingi sa gayong mga kundisyon? Sa napakaraming nilalang sa lupa, alin ang hindi nagpapasakop sa mga disposisyon ng mga salita sa Aking bibig? Alin sa mga nilalang na ito, na lumalapit sa Aking harapan, ang hindi ganap na sinunog ng Aking mga salita at ng Aking naglalagablab na apoy? Alin sa mga nilalang

na ito ang nangangahas na “lumakad nang buong kahambugan” sa mayabang na pagbubunyi sa Aking harapan? Alin sa mga nilalang na ito ang hindi yumuyukod sa Aking harapan? Ako ba ang Diyos na nagpapataw lamang ng katahimikan sa mga nilalang? Sa napakaraming bagay na nilalang, pinipili Ko yaong mga nakakalugod sa Aking layon; sa napakaraming tao sa sangkatauhan, pinipili Ko yaong mga nagmamalasakit sa Aking puso. Pinipili Ko ang pinakamaganda sa lahat ng bituin, nang sa gayon ay makapagdagdag ng bahagyang kislap ng liwanag sa Aking kaharian. Lumalakad Ako sa lupa, nagsasabog ng Aking bango sa lahat ng dako, at, sa bawat lugar, iniwan Ko ang Aking anyo. Sa bawat lugar ay umaalingawngaw ang Aking tinig. Ginugunita ng mga tao sa lahat ng dako ang magagandang tanawin ng kahapon, sapagkat naaalala ng buong sangkatauhan ang nakaraan ...

Ang buong sangkatauhan ay nananabik na makita ang Aking mukha, ngunit nang bumaba Ako sa lupa nang personal, tutol silang lahat sa Aking pagdating, at itinataboy nila ang pagdating ng liwanag, na parang kaaway Ako ng tao sa langit. Sinasalubong Ako ng tao nang may pananggalang na liwanag sa kanyang mga mata, at nananatiling palaging alisto, na takot na takot na baka may iba Akong mga plano para sa kanya. Dahil ang turing sa Akin ng mga tao ay kaibigang hindi kilala, pakiramdam nila ay parang may kimkim Akong layunin na patayin sila nang walang pili-pili. Sa mga mata ng tao, isa Akong nakamamatay na kalaban. Nang matikman ang init ng Aking pagmamahal sa gitna ng kalamidad, ang tao gayunpaman ay hindi pa rin namamalayan ang Aking pagmamahal, at determinado pa ring hadlangan Ako at suwayin. Sa halip na samantalahin ang kanyang kundisyon para kumilos laban sa kanya, niyayapos Ko ang tao sa mainit na yakap, pinupuspos Ko ng tamis ang kanyang bibig, at nilalagyan Ko ng kailangang pagkain ang kanyang tiyan. Ngunit, kapag niyayanig ng Aking nagpupuyos na galit ang kabundukan at mga ilog, dahil sa karuwagan ng tao, hindi Ko na siya pagkakalooban ng iba’t ibang uri ng pagtulong na ito. Sa sandaling ito, Ako ay magngangalit, tumatangging bigyan ng pagkakataon ang lahat ng bagay na may buhay na magsisi at, binibitawan ang lahat ng Aking pag-asa para sa tao, ilalapat Ko sa kanya ang ganting nararapat talaga sa kanya. Sa pagkakataong ito, biglang gumuguhit ang kidlat at dumadagundong ang kulog, tulad ng mga alon sa karagatan na nagpupuyos sa galit, tulad ng libu-libong bundok na nagsisiguho. Para sa kanyang pagkasuwail, ang tao ay pinatutumba ng kulog at kidlat, at ang iba pang mga nilalang ay nililipol sa mga pagsabog ng kulog at kidlat, at ang buong sansinukob ay biglang bumubulusok sa malaking kaguluhan, at hindi na mabawi ng mga nilikha ang pangunahing hininga ng buhay. Hindi matakasan ng napakaraming hukbo ng sangkatauhan ang dagundong ng kulog; sa gitna ng mga pagkislap ng kidlat, nabubuwal ang mga tao, nang kawan-kawan, sa matuling agos, upang matangay ng malalakas na agos na bumababa mula sa kabundukan. Bigla, nagtitipun-tipon ang mundo ng “mga tao” sa lugar ng “hantungan” ng tao. Tinatangay ang mga bangkay sa ibabaw ng karagatan. Buong sangkatauhan ay nagsisilayo sa Akin dahil sa Aking poot, sapagkat nagkasala ang tao laban sa diwa ng Aking Espiritu, at nasaktan Ako sa kanyang paghihimagsik. Ngunit,

sa mga lugar na walang tubig, tinatamasa pa rin ng ibang mga tao, sa gitna ng tawanan at awitan, ang mga pangakong naipagkaloob Ko sa kanila.

Kapag tahimik ang lahat ng tao, naglalabas Ako ng kislap ng liwanag sa harap ng kanilang mga mata. Kapagdaka, lumilinaw ang isipan at nagniningning ang mata ng mga tao, ayaw na nilang manahimik; sa gayon, ang espirituwal na damdamin ay naiipon kaagad sa kanilang puso. Kapag nangyayari ito, buong sangkatauhan ay nabubuhay na mag-uli. Isinasantabi ang kanilang di-masabing mga hinaing, lahat ng tao ay humaharap sa Akin, pagkatapos mabigyan ng isa pang pagkakataong maligtas sa pamamagitan ng mga salitang Aking ipinapahayag. Ito ay dahil nais ng lahat ng tao na mabuhay sa ibabaw ng lupa. Subalit sino sa kanila ang nagkaroon ng layon na mabuhay para sa Aking kapakanan? Sino sa kanila ang nakapaglantad na ng magagandang bagay sa kanyang sarili na inihahandog niya para sa Aking kasiyahan? Sino sa kanila ang nakatuklas na sa Aking nakakaakit na bango? Lahat ng tao ay magaslaw at hindi pinong mga bagay: Sa tingin, tila nakakasilaw sila sa mga mata, ngunit ang kanilang diwa ay hindi para mahalin Ako nang taos-puso, dahil, sa kaibuturan ng puso ng tao, hindi nagkaroon ng anumang bahagi Ko kailanman. Kulang na kulang ang tao: Ang pagkukumpara sa kanya sa Akin ay tila naghahayag ng isang malaking agwat na sinlawak ng langit at lupa. Gayunpaman, hindi Ko tinutuligsa ang mahihina at madaling masaktang bahagi ng tao, ni hindi Ko siya nililibak dahil sa kanyang mga pagkukulang. Libu-libong taon nang gumagawa sa mundo ang Aking mga kamay, at habang nangyayari ito, palaging nakabantay ang Aking mga mata sa buong sangkatauhan. Subalit hindi Ko pinaglaruan kailanman ang buhay ng isang tao na parang isang laruan. Minamasdan Ko ang mga pasakit na nararanasan ng tao at nauunawaan Ko ang halagang kanyang naisakripisyo. Habang nakatayo siya sa Aking harapan, ayaw Kong gulatin ang tao para kastiguhin siya, ni ayaw Ko siyang pagkalooban ng mga bagay na di-kanais-nais. Sa halip, sa buong panahong ito, natustusan Ko lamang at nabigyan ang tao. Kaya, ang tinatamasa lamang ng tao ay ang Aking biyaya, iyon ang lahat ng kasaganaang nagmumula sa Aking kamay. Dahil Ako ay nasa mundo, hindi kinailangan ng tao kailanman na magdanas ng paghihirap na magutom. Sa halip, tinutulutan Ko ang tao na tumanggap ng mga bagay sa Aking mga kamay na maaari niyang matamasa, at tinutulutan Ko ang sangkatauhan na mabuhay sa loob ng Aking mga pagpapala. Hindi ba nabubuhay ang buong sangkatauhan sa ilalim ng Aking pagkastigo? Tulad ng mayroong kasaganaan sa kaloob-looban ng kabundukan, at kasaganaan ng mga bagay na matatamasa sa katubigan, hindi ba mas lalong mayroong pagkaing pasasalamat at titikman ang mga taong nabubuhay sa loob ng Aking mga salita ngayon? Ako ay nasa lupa, at tinatamasa ng sangkatauhan ang Aking mga pagpapala sa lupa. Kapag nilisan Ko ang lupa, kung kailan matatapos din ang Aking gawain, hindi na tatanggap ang sangkatauhan ng Aking kagandahang-loob dahil sa kanilang kahinaan.

Marso 16, 1992

Kabanata 18

Sa isang paghaginit ng kidlat, nabubunyag ang tunay na anyo ng bawat hayop. Gayundin naman, natataglwan ng Aking liwanag, nabawi na ng tao ang kabanalang minsan niyang tinaglay. Ah, tiwaling mundo noong araw! Sa wakas, nabuwal na ito tungo sa maruming tubig at, habang lumulubog pailalim, naglaho sa putikan! Ah, buong sangkatauhan, na sarili Kong likha! Sa wakas ay muli silang nabuhay sa liwanag, natagpuan nila ang pundasyon para sa pag-iral, at tumigil sa pakikibaka sa putikan! Ah, ang napakaraming bagay na nilikha na hawak Ko sa Aking mga kamay! Paanong hindi sila mapaninibago sa pamamagitan ng Aking mga salita? Paanong hindi nila magagampanan, sa liwanag, ang kanilang mga tungkulin? Hindi na tahimik at walang ingay na parang libingan ang mundo, hindi na mapanglaw at malungkot ang langit. Ang langit at lupa, na wala nang puwang sa pagitan, ay nagkaisa na, at hindi na kailanman muling paghihiwalayin pa. Sa masayang pagkakataong ito, sa sandaling ito ng malaking katuwaan, ang Aking pagkamatuwid at ang Aking kabanalan ay umabot na sa buong sansinukob, at walang humpay na pinupuri iyon ng buong sangkatauhan. Nagtatawanan sa galak ang mga lungsod ng langit, at nagsasayawan sa galak ang mga kaharian ng lupa. Sa pagkakataong ito, sino ang hindi nagagalak, at sino ang hindi nananangis? Ang mundo sa una nitong kalagayan ay pag-aari ng langit, at ang langit ay kaugnay ng lupa. Ang tao ang tali na nag-uugnay sa langit at lupa, at dahil sa kabanalan ng tao, dahil sa pagpapanibago ng tao, hindi na nakatago ang langit mula sa lupa, at hindi na tahimik ang lupa ukol sa langit. Ang mukha ng sangkatauhan ay puno ng mga ngiti ng kasiyahan, at may nakatago sa lahat ng puso nila na isang tamis na walang hangganan. Hindi nakikipag-away ang tao sa tao, ni hindi sinasaktan ng mga tao ang isa't isa. Mayroon ba, sa Aking liwanag, na hindi namumuhay nang matiwasay sa piling ng iba? Mayroon ba, sa Aking panahon, na nagbibigay ng kahihyan sa Aking pangalan? Mapitagang nakatingin sa Akin ang lahat ng tao, at sa puso nila, lihim silang nananawagan sa Akin. Nasiyasat Ko na ang bawat kilos ng sangkatauhan: Sa mga taong nalinis na, walang sumusuway sa Akin, walang humuhusga sa Akin. Buong sangkatauhan ay puno ng Aking disposisyon. Lahat ng tao ay nakikilala na Ako, mas lumalapit sa Akin, at sinasamba Ako. Naninindigan Ako sa espiritu ng tao, dinadakila Ako sa pinakamataas na tugatog sa mga mata ng tao, at dumadaloy sa dugo sa mga ugat ng tao. Ang masayang pagbubunyi sa puso ng tao ay pinupuno ang bawat lugar sa balat ng lupa, masigla at sariwa ang hangin, hindi na tinatakluban ng makakapal na hamog ang lupa, at maningning ang sikat ng araw.

Ngayon, tingnan ninyo ang Aking kaharian, kung saan Ako ang Hari sa lahat, at kung saan gumagamit Ako ng kapangyarihan sa lahat. Mula sa simula ng paglikha hanggang sa araw na ito, ang Aking mga anak, sa paggabay Ko, ay sumailalim na sa napakaraming hirap ng buhay, napakaraming kawalang-katarungan ng mundo, napakaraming pagkabagabag sa mundo ng tao, ngunit ngayon ay nananahan sila sa Aking liwanag. Sino ang hindi umiiyak sa mga kawalang-katarungan ng nakaraan? Sino ang hindi

lumuluha sa mga paghihirap na tiniis para umabot sa araw na ito? At muli, mayroon bang sinuman na hindi nagsasamantala sa pagkakataong ito upang ialay ang kanilang sarili sa Akin? Mayroon bang sinuman na hindi nagsasamantala sa pagkakataong ito upang ipahayag ang masidhing damdaming nag-uumapaw sa kanilang puso? Mayroon bang sinuman na hindi magpapahayag, sa sandaling ito, ng kanilang naranasan? Sa oras na ito, inilalaan ng lahat ng tao ang pinakamainam na bahagi ng kanilang sarili sa Akin. Ilan ang nagdurusa sa panghihinayang dahil sa nakaraan nilang mga kalokohan, ilan ang nasusuklam sa kanilang sarili dahil sa mga dati nilang pinagsikapang matamo! Nakilala na ng lahat ng tao ang kanilang sarili, nakita na nilang lahat ang mga gawa ni Satanas at ang Aking pagiging kamangha-mangha, at sa kaibuturan ng kanilang puso, mayroon nang puwang para sa Akin. Hindi Ko na tutugunan ng pagkamuhi o pagtatakwil ang mga tao, sapagkat naisakatuparan na ang Aking dakilang gawain, at wala nang humahadlang. Ngayon, sa mga anak ng Aking kaharian, mayroon bang sinuman na hindi pa napag-isipan ang sarili nilang mga alalahanin? Mayroon bang sinuman na wala nang iba pang konsiderasyon dahil sa mga paraan na isinasagawa ang Aking gawain? Mayroon bang sinuman na taos-pusong nag-alay ng kanilang sarili para sa Akin? Nabawasan na ba ang mga karumihan sa kaibuturan ng inyong puso? O dumami na ba ang mga ito? Kung hindi nabawasan ang maruruming elemento sa inyong puso, at ni hindi naragdagan ang mga ito, siguradong itatapon Ko ang mga taong katulad ninyo. Ang nais Ko ay mga taong banal na kaayon ng sarili Kong puso, hindi maruruming demonyong naghihimagsik laban sa Akin. Kahit hindi mahirap ang mga hinihiling Ko sa sangkatauhan, napakakumplikado ng kalooban ng mga tao kaya hindi madaling makaayon ang sangkatauhan sa Aking kalooban o hindi nila kaagad matupad ang Aking mga layunin. Karamihan sa mga tao ay lihim na nagsusumikap sa sarili nila sa pag-asang matamo ang huling korona ng tagumpay. Halos lahat ng tao ay nagsusumikap nang buong lakas, hindi nangangahas na magpabaya kahit isang sandali, takot na takot na mabihag ni Satanas sa pangalawang pagkakataon. Ayaw na nilang mangahas na magkimkim ng mga hinaing laban sa Akin, kundi palagi silang nagpapakita ng katapatan sa Akin. Narinig Ko na ang taos-pusong mga salitang sinambit ng napakaraming tao, mga kuwento mula sa napakaraming tao tungkol sa kanilang masasakit na karanasan sa gitna ng pagdurusa; napakarami Ko nang nakita, na napakagrabe ng kalagayan, na walang maliw na naghahandog ng kanilang katapatan sa Akin, at napakarami Ko nang namasdan, nang tahakin nila ang mabatong landas, na naghanap ng daan para makalabas. Sa mga sitwasyong ito, hindi sila nagreklamo kailanman; kahit medyo pinanghinaan sila ng loob nang hindi nila matagpuan ang liwanag, ni minsa'y hindi sila nagreklamo kailanman. Ngunit narinig Ko na rin ang napakaraming tao na nagmura nang husto mula sa kaibuturan ng kanilang puso, na isinusumpa ang Langit at pinararatangan ang lupa, at nakita Ko na rin ang napakaraming tao na pinabayaan ang kanilang sarili na mawalan ng pag-asa sa gitna ng kanilang dalamhati, na inihahagis ang kanilang sarili sa basurahan na parang basura, upang marumihan at marungisan. Narinig Ko na ang napakaraming tao na nag-aaway, dahil sa

isang pagbabago sa katungkulan, na humahantong sa pagbabago ng kanilang mukha, sa gayon ay nagbabago ang kanilang mga pakikitungo sa kanilang kapwa, kaya hindi na sila magkakaibigan at nagiging magkakaaway, at inaatake ang isa't isa sa salita. Ginagamit ng halos lahat ng tao ang Aking mga salita na parang mga balang nagmumula sa isang masinggan, at pinapuputukan ang iba nang walang kamalay-malay, hanggang sa mapuno ng maingay na sigawan ang mundo ng mga tao na bumabasag sa tahimik na kapanatagan. Sa kabutihang-palad, dumating na ang araw na ito; kung hindi, sino ang nakakaalam kung ilan ang maaaring mapahamak dahil sa walang-awang pagpapaputok ng masinggan na ito.

Kasunod ng paglabas ng Aking mga salita, at pagsabay sa mga kundisyon ng buong sangkatauhan, dahan-dahang bumaba sa lupa ang Aking kaharian. Hindi na nagkikimkim ng nakaliligalig na mga ideya ang tao, o “inaabala” ang kanyang sarili sa ibang mga tao, o “nag-aalala” sa kanila. Kaya nga, wala na ang mga kontrahang pagtatalo sa lupa, at, kasunod ng paglabas ng Aking mga salita, inalis ang sari-saring “mga armas” ng modernong panahon. Nakatagpong muli ng kapayapaan ang tao sa piling ng tao, minsan pang nabanaag ang espiritu ng pagkakasundo sa puso ng tao, at hindi na ipinagtatanggol ng sinuman ang kanilang sarili laban sa patagong pag-atake. Nakabalik na ang buong sangkatauhan sa normal na kalagayan at nagsimula na sa isang bagong buhay. Nananahan sa mga bagong kapaligiran, inililibot ng maraming tao ang kanilang tingin sa paligid, na nadarama na para silang nakapasok sa isang lubos na panibagong mundo, at dahil dito, hindi sila makaangkop kaagad sa kanilang kasalukuyang kapaligiran o makapasok kaagad sa tamang landas. Kaya nga, isang kaso ito ng “ang espiritu’y handa ngunit ang laman ay mahina” kung sangkatauhan ang pag-uusapan. Bagama’t hindi Ko pa Mismo natitikman na katulad ng tao ang kapaitan ng kahirapan, magkagayunman ay alam Ko ang lahat ng dapat malaman tungkol sa mga kakulangan ng tao. Alam na alam Ko ang mga pangangailangan ng tao, at ganap ang pagkaunawa Ko sa kanyang mga kahinaan. Dahil dito, hindi Ko pinagtatawanan ang tao sa kanyang mga pagkukulang; nangangasiwa lamang Ako, ayon sa kanyang kasamaan, ng isang angkop na sukat ng “pagtuturo,” upang mas magawa ng lahat na tumahak sa tamang landas, nang sa gayon ay tumigil ang sangkatauhan sa pagiging gumagalang mga ulila at sa halip ay maging mga sanggol na may isang lugar na matatawag na tahanan. Gayunpaman, ang Aking mga kilos ay pinamamahalaan ng mga prinsipyo. Kung ayaw ng mga tao na tamasahin ang lubos na kaligayahang nasa Akin, makakaayon lamang Ako sa kung saan nila naituon ang kanilang puso at ipadadala Ko sila sa walang-hanggang kalaliman. Sa puntong ito, wala nang sinumang dapat magkimkim ng mga hinaing sa kanilang puso, kundi dapat makita ng lahat ang Aking pagkamatuwid sa mga plano na Aking nagawa. Hindi Ko pinipilit ang sangkatauhan na mahalín Ako, ni hindi Ko sinasaktan ang sinumang tao sa pagmamahal sa Akin. Sa Akin ay may ganap na kalayaan, ganap na paglaya. Bagama’t nasa mga kamay Ko ang kapalaran ng tao, binigyan Ko na ng kalayaan ang tao, na hindi sumasailalim sa Aking pagpigil. Sa

ganitong paraan, hindi mag-iimbento ang mga tao ng mga paraan para pumasok sa “problema” dahil sa Aking mga atas administratibo, kundi sa halip, umaasa sa Aking kagandahang-loob, ay “makalaya.” Kaya nga, maraming taong naghahanap sa loob ng hangganan ng kanilang kalayaan ng sarili nilang daan palabas, sa halip na pigilan Ko sila.

Noon pa man ay tinatrato Ko na ang sangkatauhan nang may kaluwagan, na hindi kailanman binibigyan ang mga tao ng mga problemang walang kalutasan, na hindi kailanman pinahihirapan ang sinumang tao. Hindi ba ganito? Bagama’t napakaraming taong hindi nagmamahal sa Akin, at malayong mayamot Ako sa ganitong klaseng pag-uugali, binigyan Ko na sila ng kalayaan, na nagbibigay sa kanila ng kalayaan at hinahayaan Ko pa silang lumangoy nang malaya sa dagat-dagatan ng kapaitan at pagdurusa. Sapagkat ang tao ay isang sisidlan na walang karangalan; bagama’t nakikita niya ang pagpapalang hawak Ko sa Aking kamay, wala siyang interes na tamasahin ito, kundi mas gusto pa niyang magdusa sa kamay ni Satanas, at sa gayon ay parusahan ang kanyang sarili na lamunin ni Satanas bilang “pampalusog.” Siyempre pa, may ilan na nakakita na sa Aking liwanag, kaya nga, kahit nabubuhay sila sa nakatagong mga ulap ng kasalukuyang panahon, hindi pa sila nawalan ng pananampalataya sa liwanag, dahil sa mga ulap na ito, kundi patuloy silang nangangapa at naghahanap sa mga ulap na iyon—kahit sa landas na puno ng mga balakid. Kapag naghihimagsik ang tao laban sa Akin, ibinabato Ko ang Aking mabagsik na galit sa kanya, at sa gayon ay maaaring mapahamak ang tao dahil sa kanyang pagsuway. Kapag sumusunod siya sa Akin, nananatili Akong nakatago mula sa kanya, sa ganitong paraan ay napupukaw ang pagmamahal na nasa kaibuturan ng kanyang puso, isang pagmamahal na hindi naghahangad na amuin Ako, kundi bigyan Ako ng kasiyahan. Sa paghahanap sa Akin ng tao, napakaraming beses na Akong nagpikit ng mga mata at nanahimik, upang matamo ang kanyang tunay na pananampalataya. Ngunit kapag hindi Ako umiimik, nagbabago ang pananampalataya ng tao sa isang iglap, at ang tanging nakikita Ko ay ang kanyang “mga huwad na kalakal,” sapagkat kailanma’y hindi Ako taos-pusong minahal ng tao. Kapag nagpapakita Ako Mismo, saka lamang nagpapakita ang mga tao ng napakalaking “pananampalataya”; ngunit kapag nakatago Ako sa Aking lihim na dako, nagiging mahina sila at pinanghihinaan ng loob, na para bang takot na magkasala sa Akin; mayroon pang ilan na, dahil hindi nila nakikita ang Aking mukha, idinadaan Ako sa “matinding pagsusuri,” sa gayon ay nawawalan ng katotohanan ang Aking pag-iral. Napakaraming taong nananatili sa ganitong kalagayan; napakaraming ganito ang pag-iisip. Ito ay walang iba kundi ang hilig ng lahat ng tao na pagtakpan ang kapangitan sa kanilang sarili. Dahil dito, atubili silang matawag-pansin ang sarili nilang mga kakulangan, at umaamin lamang sa katotohanan ng Aking mga salita nang nagngangalit ang mga ngipin at nakatago ang mga mukha.

Marso 17, 1992

Kabanata 19

Gamit ang Aking mga salita bilang batayan ng pananatili nilang buhay—ito ang obligasyon ng sangkatauhan. Kailangang itatag ng mga tao ang kanilang sariling bahagi sa bawat bahagi ng Aking mga salita; ang hindi paggawa nito ay paghahangad ng sarili nilang pagkawasak at pag-anyaya ng paghamak. Hindi Ako kilala ng sangkatauhan, at dahil dito, sa halip na ialay ang sarili nilang buhay sa Akin bilang kapalit, ang tanging ginagawa nila ay pumarada sa Aking harapan na dala ang basura sa kanilang mga kamay, na sinusubukang bigyan Ako ng kasiyahan. Gayunman, dahil hindi ako masaya sa mga bagay na katulad nito, patuloy Akong humihingi sa sangkatauhan. Gustung-gusto Ko ang mga kontribusyon ng mga tao, ngunit kinapopootan Ko ang kanilang mga kahilingan. Lahat ng tao ay may pusong puno ng kasakiman; parang inaalipin ng diyablo ang puso ng tao, at walang makakawala at makapag-alay ng kanilang puso sa Akin. Kapag nagsasalita Ako, nakikinig ang mga tao sa Aking tinig nang mapitagan; kapag tumatahimik Ako, sinisimulan nilang muli ang sarili nilang mga “pakikipagsapalaran” at ganap na tumitigil sa pakikinig sa Aking mga salita, na parang pandagdag lamang ang Aking mga salita sa kanilang mga “pakikipagsapalaran.” Hindi ako kailanman naging maluwag sa sangkatauhan, gayunman ay naging mapagpasensya at mapagparaya Ako sa sangkatauhan. Kaya nga, dahil sa Aking pagiging kaluwagan, lumalabis ang pagpapahalaga ng mga tao sa kanilang sarili at wala silang kakayahang kilalanin at pagbulay-bulayan ang kanilang sarili; sinasamantala lamang nila ang Aking pasensya para linlangin Ako. Wala ni isa sa kanila ang taos-pusong nagmalasakit sa Akin, at wala ni isa ang tunay na nagpapahalaga sa Akin bilang isang bagay na taos-puso nilang mahal; binibigyan lamang nila Ako ng pansamantalang pagtingin kapag wala silang ginagawa. Ang pagsisikap na nagugol Ko sa sangkatauhan ay hindi na masusukat; bukod pa ryan, nakagawa na Ako sa mga tao sa mga paraang wala pang nakakagawa, at bukod pa ryan, nabigyan Ko na sila ng dagdag na pasanin, nang sa gayon, mula sa kung ano ang mayroon Ako at kung ano Ako, maaari silang magtamo ng kaunting kaalaman at magkaroon ng kaunting pagbabago. Hindi Ko hinihingi na maging mga “tagagamit” lamang ang mga tao; hinihingi Ko rin na maging mga “tagagawa” sila na nakakatalo kay Satanas. Bagama’t maaaring hindi Ko hinihingi na gumawa ng anuman ang sangkatauhan, magkagayunman, mayroon Akong mga pamantayan para sa mga hinihinging Aking ginagawa, sapagkat may layunin sa Aking ginagawa, at may batayan din ako para sa Aking mga kilos: Hindi Ako kagaya ng iniisip ng mga tao na naglalaro nang walang habas, ni hindi Ko binuo ang langit at lupa at napakaraming bagay na nilikha ayon sa gusto Ko. Sa Aking gawain, dapat ay may makita ang mga tao, at may mapala. Hindi nila dapat aksayahin ang panahon ng tagsibol ng kanilang kabataan, o tratuhin ang sarili nilang buhay na parang mga kasuotang naaalikabukan dahil sa kawalang-ingat; sa halip, dapat nilang bantayan nang mahigpit ang kanilang sarili, na kumukuha mula sa Aking kasaganaan para tustusan ang sarili nilang kasiyahan, hanggang, dahil sa Akin, hindi

sila makabalik patungo kay Satanas, at, dahil sa Akin, nilulusob nila si Satanas. Hindi ba napakadali ng Aking mga hinihingi sa sangkatauhan?

Kapag nagsisimulang lumitaw ang bahagyang kislap ng liwanag sa Silangan, mas pinapansin ito nang kaunti ng lahat ng tao sa loob ng sansinukob. Hindi na gaanong mahimbing sa pagkatulog, nakikipagsapalaran ang mga tao upang pagmasdan ang pinagmumulan ng liwanag na ito sa silangan. Dahil sa kanilang limitadong kakayahan, wala pang nakakita sa lugar na pinagmumulan ng liwanag. Kapag lubos na naliliwanagan ang lahat ng nasa loob ng sansinukob, gumigising ang mga tao mula sa pagtulog at pananaginip, at saka lamang nila natatanto na unti-unti nang dumarating sa kanila ang Aking araw. Nagdiriwang ang buong sangkatauhan dahil sa pagdating ng liwanag, at dahil dito ay hindi na sila nahihimbing sa pagtulog o natitigilan. Sa ilalim ng ningning ng Aking liwanag, lumilinaw ang isipan at paningin ng buong sangkatauhan, at agad silang nagigising sa galak ng pamumuhay. Natatakpan ng makapal na ulap, minamasdan Ko ang buong mundo. Namamahinga ang lahat ng hayop; dahil sa pagdating ng bahagyang kislap ng liwanag, namalayan ng lahat na papalapit ang isang bagong buhay. Dahil dito, gumagapang din palabas ang lahat ng hayop mula sa kanilang mga yungib, na naghahanap ng pagkain. Ang mga halaman, siyempre pa, ay hindi naiiba, at sa ningning ng liwanag ay kumikinang ang kanilang luntiang mga dahon nang napakaningning, naghihintay na gampanan ang sarili nilang bahagi para sa Akin habang Ako ay nasa lupa. Lahat ng tao ay minimithi ang pagdating ng liwanag, subalit kinatatakutan nila ang pagdating nito, labis na nababahala na hindi na maitatago ang sarili nilang kapangitan. Ito ay dahil hubad na hubad ang mga tao, at walang anumang maitatakip sa kanila. Sa gayon, napakarami nang taong matindi ang takot dahil sa pagdating ng liwanag, at gulat na gulat dahil sa paglitaw nito. Napakaraming tao, nang makita ang liwanag, ang napupuspos ng walang-hanggang pagsisisi, nasusuklam sa sarili nilang karumihan, subalit, dahil walang kapangyarihang baguhin ang mga pangyayari, wala silang magagawa kundi hintayin Akong magpahayag ng kaparusahan. Napakaraming tao, na napino ng pagdurusa sa kadiliman, nang makita ang liwanag, ang biglang nakaramdam sa malalim na kahulugan nito, at mula noon ay niyayakap nila nang mahigpit ang liwanag, sa sobrang takot na mawala itong muli. Napakaraming tao, sa halip na magulat sa biglaang paglitaw ng liwanag, ang nagpapatuloy lamang sa pang-araw-araw na gawain dahil nabulag na sa loob ng mahabang panahon at sa gayon ay hindi lamang nila hindi napapansin na dumating na ang liwanag, kundi hindi rin sila nasiyahan dito. Sa puso ng mga tao, hindi Ako matayog ni mababa. Para sa kanila, hindi mahalaga kung umiiral Ako o hindi; para bang hindi magiging mas malungkot ang buhay ng tao kung hindi Ako umiral, at kung umiral nga Ako, hindi magiging mas masaya ang kanilang buhay. Dahil hindi Ako itinatangi ng mga tao, iilan lamang ang mga kasiyahanang ipinagkakaloob Ko sa kanila. Gayunman, sa sandaling bigyan Ako ng mga tao ng kahit katiting pang pagsamba, babaguhin Ko rin ang Aking saloobin sa kanila. Dahil dito, kapag naintindihan ng mga tao ang batas na ito, saka lamang sila magiging mapalad

nang sapat para ialay ang kanilang sarili sa Akin at hilingin ang mga bagay na hawak Ko sa Aking kamay. Sigurado bang hindi lamang sarili nilang interes ang pakay nila sa pagmamahal sa Akin? Sigurado bang hindi lamang mga bagay na ibinibigay Ko ang pakay nila sa pagsampalataya sa Akin? Maaari kayang, maliban kung makita nila ang Aking liwanag, hindi Ako kayang mahalin ng mga tao nang tapat sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya? Sigurado bang ang kanilang lakas at sigla ay hindi tunay na para lamang sa mga kundisyon ng kasalukuyan? Maaari kayang kailangang maging matapang ang tao para mahalin Ako?

Dahil sa Aking pag-iral, masunuring nagpapasakop ang napakaraming bagay na nilikha sa mga lugar kung saan sila naninirahan, at, sa kawalan ng Aking pagdisiplina, hindi sila nagpapasasa sa mahalay na kapabayaan. Samakatuwid, ang kabundukan ay nagiging mga hangganan sa pagitan ng mga bansa sa lupa, ang mga tubig ay nagiging mga harang para mapanatiling magkakahiwalay ang mga tao sa iba't ibang lupain, at ang hangin ay nagiging yaong umiihip sa pagitan ng mga tao sa mga espasyo sa ibabaw ng lupa. Ang sangkatauhan lamang ang walang kakayahang tunay na sumunod sa mga hinihingi ng Aking kalooban; ito ang dahilan kaya Ko sinasabi na, sa lahat ng nilikha, tanging ang mga tao lamang ang nabibilang sa kategorya ng mga suwail. Hindi talaga nagpasakop ang sangkatauhan sa Akin kailanman, at dahil dito, noon pa man, napanatili Ko ang mga tao sa mahigpit na pagdisiplina. Kung sakaling mangyari, sa gitna ng sangkatauhan, na umabot ang Aking kaluwalhatian sa buong sansinukob, siguradong kukunin Ko ang Aking buong kaluwalhatian at ipapakita ito sa harap ng sangkatauhan. Dahil sa kanilang karumihan ang mga tao ay hindi karapat-dapat na tumingin sa Aking kaluwalhatian, sa loob ng libu-libong taon hindi Ako nagpakita kailanman, at nanatili Akong nakatago; dahil dito, hindi pa nila nakita kailanman ang Aking kaluwalhatian, at lagi silang nahuhulog sa malalim na bangin ng kasalanan. Pinatawad Ko na ang mga tao sa kanilang pagiging di-matuwid, ngunit hindi nila alam na lahat kung paano pangalagaan ang kanilang sarili, at sa halip ay lagi nilang inilalantad ang kanilang sarili sa pagkakasala, tinutulutan itong sirain sila. Hindi ba nito ipinapakita ang kawalan ng galang at pagmamahal sa sarili ng sangkatauhan? Sa piling ng sangkatauhan, maaari bang tunay na magmahal ang sinuman? Gaano ba kabigat ang debosyon ng sangkatauhan? Wala bang ibang mga bagay na nakahalo sa tinatawag ng mga tao na pagiging tunay? Hindi ba napakagulo ng kanyang debosyon? Ang hinihiling Ko ay ang kanilang buong pagmamahal. Hindi Ako kilala ng mga tao, at bagama't maaaring hangad nilang makilala Ako, hindi nila ibibigay sa Akin ang kanilang tunay at taimtim na puso. Mula sa mga tao hindi Ko hinihingi ang ayaw nilang ibigay. Kung ibinibigay nila sa Akin ang kanilang debosyon, tatanggapin Ko iyon nang walang magalang na pagtutol. Gayunman, kung wala silang tiwala sa Akin, at ayaw nilang ialay kahit katiting ng kanilang sarili sa Akin, sa halip na lalo pang mayamot dahil diyan, itataboy Ko na lamang sila sa ibang paraan at magpaplano Ako ng isang angkop na hantungan para sa kanila. Ibubuwal ng kulog, na dumadagundong sa kalangitan, ang mga tao; habang nakabuwal

sila, ibabaon sila ng matataas na bundok; lalapain sila ng gutom na mababangis na hayop; at lulunurin sila ng dumadaluyong na mga karagatan. Habang abala ang sangkatauhan sa alitan ng magkakapatid, hahangarin ng lahat ng tao ang sarili nilang pagkawasak sa mga kalamidad na nagmumula sa kanila.

Lumalawak ang kaharian sa gitna ng sangkatauhan, nabubuo ito sa gitna ng sangkatauhan, at nakatayo ito sa gitna ng sangkatauhan; walang puwersang maaaring magwasak sa Aking kaharian. Sa mga tao Ko na nasa kaharian ng ngayon, sino sa inyo ang hindi tao sa lahat ng tao? Sino sa inyo ang namamalagi sa labas ng kalagayan ng tao? Kapag ibinalita sa maraming tao ang Aking bagong panimula, paano tutugon ang sangkatauhan? Nakita na ng sarili ninyong mga mata ang kalagayan ng sangkatauhan; sigurado bang hindi na kayo umaasa pang magtiis sa mundong ito magpakailanman? Naglalakad Ako ngayon sa piling ng Aking mga tao at naninirahan Ako sa piling nila. Ngayon, yaong may tunay na pagmamahal sa Akin—mapalad ang gayong mga tao. Mapalad ang mga nagpapasakop sa Akin, siguradong mananatili sila sa Aking kaharian. Mapalad ang mga nakakakilala sa Akin, siguradong gagamit sila ng kapangyarihan sa Aking kaharian. Mapalad ang mga naghahanap sa Akin, siguradong makakalaya sila mula sa mga gapos ni Satanas at magtatamasa ng Aking mga pagpapala. Mapalad ang mga nagagawang talikuran ang kanilang sarili, siguradong papasok sila sa Aking nasasakupan at magmamana ng kasaganaan ng Aking kaharian. Aalalahanin Ko ang mga nagsusumikap para sa Akin, yayakapin Ko nang may kagalakan ang mga gumugugol para sa Akin, at pagkakalooban Ko ng mga kasiyahan ang mga nag-aalay sa Akin. Pagpapalain Ko ang mga nasisiyahan sa Aking mga salita; siguradong magiging mga haligi sila na magtataas ng tukod sa Aking kaharian, siguradong magkakaroon sila ng walang-kapantay na kasaganaan sa Aking bahay, at walang maikukumpara sa kanila. Nakatanggap na ba kayo ng mga pagpapalang ibinigay sa inyo? Naghanap na ba kayo ng mga pangakong ginawa para sa inyo? Siguradong kayo, sa ilalim ng patnubay ng Aking liwanag, ay makakawala mula sa pagsakal ng mga puwersa ng kadiliman. Sa gitna ng kadiliman, siguradong hindi mawawala sa inyo ang liwanag na gumagabay sa inyo. Siguradong kayo ang magiging panginoon ng lahat ng nilikha. Siguradong kayo ay magiging mananagumpay sa harap ni Satanas. Siguradong tatayo kayo, sa pagbagsak ng kaharian ng malaking pulang dragon, sa gitna ng napakaraming tao upang sumaksi sa Aking tagumpay. Siguradong kayo ay magiging matatag at di-natitinag sa lupain ng Sinim. Sa pamamagitan ng mga pagdurusang tinitiiis ninyo, mamanahin ninyo ang Aking mga pagpapala, at siguradong magniningning sa inyo ang Aking kaluwalhatian sa buong sansinukob.

Marso 19, 1992

Kabanata 20

Hindi masukat at hindi maarok ang yaman ng Aking sambahayan, subalit hindi kailanman lumapit sa Akin ang tao para tamasahin ang mga iyon. Walang kakayahan ang tao na magpakasayang mag-isa, ni protektahan ang kanyang sarili gamit ang sarili niyang mga pagsisikap; sa halip, palagi siyang nagtitiwala sa iba. Sa lahat ng tinitingnan Ko, walang sinumang sadya at tuwirang naghanap sa Akin. Lumalapit silang lahat sa Akin sa paghihikayat ng iba, sumusunod sa karamihan, at ayaw nilang magsakripisyo o gumugol ng oras para pagyamanin ang kanilang buhay. Dahil dito, walang sinumang nabuhay sa realidad, at namumuhay ang lahat ng tao ng buhay na walang kahulugan. Dahil sa mga kagawian at kaugalian ng tao na matagal nang umiiral, umaalingasaw ang amoy ng lupa sa katawan ng lahat ng tao. Dahil dito, ang tao ay naging manhid, walang pakiramdam sa kapanglawan ng mundo, at sa halip ay nag-aabala siya sa gawain na magpakasayang mag-isa sa malamig na mundong ito. Ang buhay ng tao ay wala ni kaunting init, at walang anumang bakas ng pagiging tao o liwanag—subalit mapagpalayaw na siya sa sarili noon pa man, habambuhay na nananatiling walang halaga kung saan nagmamadali siya nang walang anumang napapala. Sa isang kisapmata, papalapit na ang araw ng kamatayan, at mapait ang kamatayang sumasapit sa tao. Sa mundong ito, wala siyang naisakatuparang anuman kailanman, o napalang anuman—nagmamadali siyang dumating dito, at nagmamadaling umalis. Wala sa mga yaon sa Aking paningin ang nakapagdala ng anuman, o nakakuha ng anuman, kaya pakiramdam ng tao ay hindi patas ang mundo. Subalit walang sinumang gustong magmadali. Hinihintay lamang nila ang araw kung kailan biglang darating sa tao ang Aking pangako mula sa langit, na natutulot sa kanila, sa panahon kung kailan sila ay naligaw, na minsan pang mamasdan ang daan tungo sa buhay na walang hanggan. Kaya, nakatutok ang tao sa bawat gawa at kilos Ko upang makita kung talagang natupad Ko ang Aking pangako sa kanya. Kapag siya ay nasa gitna ng pagdurusa, o matinding kirot, o naliligiran ng mga pagsubok at malapit nang bumagsak, isinusumpa ng tao ang araw ng kanyang pagsilang upang mas mabilis niyang matakasan ang kanyang mga problema at makalipat sa isa pang magandang lugar. Ngunit kapag lumipas na ang mga pagsubok, napupuspos ng galak ang tao. Ipinagdiriwang niya ang araw ng kanyang pagsilang sa lupa at hinihiling na pagpalain Ko ang araw ng kanyang pagsilang; sa panahong ito, hindi na binabanggit ng tao ang mga sumpang nakaraan, takot na takot na sumapit sa kanya ang kamatayan sa ikalawang pagkakataon. Kapag itinataas ng Aking mga kamay ang mundo, nagsasayawan sa galak ang mga tao, hindi na sila nalulungkot, at umaasa silang lahat sa Akin. Kapag tinatakpan Ko ng Aking mga kamay ang Aking mukha, at idinidiin ang mga tao sa ilalim ng lupa, agad silang nahihirapang huminga, at halos hindi nila kayang manatiling buhay. Lahat sila ay nagsusumamo sa Akin, takot na lilipulin Ko sila, sapagkat gusto nilang lahat na makita ang araw na Ako ay nagtatamo ng kaluwalhatian. Itinuturing ng tao ang Aking araw na pangunahin sa kanyang pag-iral, at dahil lamang ito sa

mahigpit na inaasam ng mga tao ang araw kung kailan darating ang Aking kaluwalhatian kaya nakapanatiling buhay ang sangkatauhan hanggang ngayon. Ang pagpapalang ipinahayag ng Aking bibig ay na yaong mga isinilang sa mga huling araw ay mapalad na mamasdan ang Aking buong kaluwalhatian.

Sa paglipas ng mga kapanahunan, marami nang lumisan sa mundong ito sa kabiguan, at nang may pag-aatubili, at marami ang nakapasok dito na may pag-asa at pananampalataya. Naip plano Ko nang dumating ang marami, at naitaboy Ko na ang marami. Napakaraming taong nagdaan sa Aking mga kamay. Maraming espiritu ang naitapon sa Hades, marami ang namuhay sa katawang-tao, at marami ang namatay at muling isinilang sa mundo. Subalit kailanman ay walang sinuman sa kanila ang nagkaroon ng pagkakataong matamasa ang mga pagpapala ng kaharian ngayon. Napakarami Ko nang naibigay sa tao, subalit kakatiting ang kanyang natamo, sapagkat ang pagsalakay ng mga puwersa ni Satanas ay naiwan siya na walang kakayahang tamasahin ang lahat ng Aking yaman. Naging mapalad lamang siyang matingnan ang mga ito, ngunit hindi niya lubos na natamasa ang mga ito kailanman. Hindi natuklasan ng tao kailanman ang kabang-yaman sa kanyang katawan upang matanggap ang mga yaman ng langit, kaya nawala sa kanya ang mga pagpapalang naipagkaloob Ko sa kanya. Hindi ba ang espiritu ng tao ang kakayahan mismo na nag-uugnay sa kanya sa Aking Espiritu? Bakit hindi nakipag-ugnayan ang tao sa Akin kailanman sa kanyang espiritu? Bakit siya lumalapit sa Akin sa katawang-tao, subalit hindi niya kayang gawin ito sa espiritu? Mukha ba ng katawang-tao ang tunay Kong mukha? Bakit hindi alam ng tao ang Aking diwa? Talaga bang hindi Ako nagkaroon ng anumang bakas kailanman sa espiritu ng tao? Ganap na ba Akong naglaho mula sa espiritu ng tao? Kung hindi papasok ang tao sa espirituwal na dako, paano niya maiintindihan ang Aking mga layon? Sa mga mata ng tao, mayroon bang direktang makakatagos sa espirituwal na dako? Maraming pagkakataon na nanawagan Ako sa tao sa pamamagitan ng Aking Espiritu, subalit kumikilos ang tao na para bang natusok Ko siya, sinisipat Ako mula sa malayo, sa malaking takot na baka akayin Ko siya tungo sa ibang mundo. Maraming pagkakataon na nagtanong Ako sa espiritu ng tao, subalit nananatili siyang lubos na malilimutin, na may malaking takot na papasok Ako sa kanyang tahanan at sasamantalain Ko ang pagkakataon para alisin sa kanya ang lahat ng kanyang ari-arian. Sa gayon, pinagsasarhan niya Ako sa labas, iniwan Akong nakaharap sa kawalan maliban sa isang malamig at mahigpit-na-nakasarang pinto. Maraming pagkakataong bumagsak na ang tao at nailigtas Ko siya, subalit pagkagising ay agad niya Akong iniwan at, dahil hindi naantig ng Aking pagmamahal, maingat Akong sinusulyapan; hindi Ko kailanman napainit ang puso ng tao. Ang tao ay isang walang-damdamin at malupit na hayop. Kahit napapainit siya ng Aking yakap, hindi siya lubhang naantig nito kailanman. Ang tao ay parang isang taong-bundok. Hindi niya pinahalagahan kailanman ang Aking buong pagmamahal sa sangkatauhan. Ayaw niya Akong lapitan, mas gusto niyang manahan sa kabundukan, kung saan tinitis niya ang banta ng mababangis na

hayop—subalit ayaw pa rin niya Akong gawing kanlungan. Hindi ko pinipilit ang sinumang tao: Ginagawa Ko lamang ang Aking gawain. Darating ang araw na lalangoy ang tao patungo sa Aking tabi mula sa kalagitnaan ng malawak na karagatan, upang matamasa niya ang lahat ng yaman sa mundo at iwan ang panganib na lamunin ng dagat.

Habang nagaganap ang Aking mga salita, unti-unting nabubuo ang kaharian sa mundo at unti-unting bumabalik sa normalidad ang tao, at sa gayon ay naitatatag sa lupa ang kahariang nasa Aking puso. Sa kaharian, nababawi ng lahat ng tao ng Diyos ang buhay ng normal na tao. Wala na ang nagyeyelong taglamig, napalitan ng isang mundo ng mga lungsod ng tagsibol, kung saan tumatagal nang buong taon ang tagsibol. Hindi na nahaharap ang mga tao sa malungkot at miserableng mundo ng tao, at hindi na nila tinitii ang maginaw na mundo ng tao. Hindi nag-aaway-away ang mga tao, hindi nagdidigmaan ang mga bansa, wala nang patayan at dugong dumadaloy mula sa patayan; lahat ng lupain ay puspos ng kaligayahan, at lahat ng dako ay punung-puno ng init ng pagmamahal ng mga tao sa isa't isa. Kumikilos Ako sa buong mundo, nasisiyahan Ako mula sa kaitaasan ng Aking luklukan, at naninirahan Ako sa piling ng mga bituin. Inaalayan Ako ng mga anghel ng mga bagong awit at mga bagong sayaw. Hindi na nagiging sanhi ng pagtulo ng luha sa kanilang mukha ang sarili nilang kahinaan. Hindi Ko na naririnig, sa Aking harapan, ang tinig ng mga anghel na umiiyak, at hindi na rin nagrereklamo ng paghihirap ang sinuman sa Akin. Ngayon, lahat kayo ay nabubuhay sa Aking harapan; bukas, mananatili kayong lahat sa Aking kaharian. Hindi ba ito ang pinakadakilang pagpapalang ipinagkakaloob Ko sa tao? Dahil sa isinakripisyo ninyo ngayon, mamanahin ninyo ang mga pagpapala ng hinaharap at maninirahan sa gitna ng Aking kaluwalhatian. Ayaw pa rin ba ninyong makipag-ugnayan sa diwa ng Aking Espiritu? Nais pa rin ba ninyong paslangin ang inyong sarili? Handa ang mga tao na pagsikapang matamo ang mga pangakong nakikita nila, kahit panandalian lamang ang mga iyon, subalit walang sinumang handang tumanggap sa mga pangako ng kinabukasan, kahit tatagal ang mga ito nang walang hanggan. Ang mga bagay na nakikita ng tao ay ang mga bagay na pupuksain Ko, at ang mga bagay na hindi nakikita ng tao ay ang mga bagay na tutuparin Ko. Ito ang pagkakaiba sa pagitan ng Diyos at ng tao.

Natantiya na ng tao kung kailan darating ang araw Ko, subalit wala pang nakakaalam sa eksaktong petsa, kaya maaari lamang mabuhay ang tao sa pagkatuliro. Dahil ang mga pananabik ng tao ay umaalingawngaw sa walang-hangganang kalangitan at pagkatapos ay naglalaho, paulit-ulit na nawalan ng pag-asa ang tao, kaya bumaba na siya sa kanyang kasalukuyang sitwasyon. Ang layunin ng Aking mga pagbigkas ay hindi para alamin ng tao ang mga petsa, ni hindi para itulak siya sa kanyang sariling pagkawasak dahil sa kawalan niya ng pag-asa. Nais Kong tanggapin ng tao ang Aking pangako, at nais Kong magkaroon ng bahagi ang lahat ng tao sa buong mundo sa Aking pangako. Ang nais Ko ay mga nilalang na may buhay na puno ng sigla, hindi mga bangkay na nakalubog na sa kamatayan. Dahil nakasandal Ako sa mesa ng kaharian, uutusan Ko ang lahat ng tao sa lupa na tanggapin ang Aking pagsisiyasat. Hindi Ko

tinutulutan ang presensya ng anumang maruming bagay sa Aking harapan. Hindi Ko hinahayaang manghimasok ang sinumang tao sa Aking gawain; lahat ng nanghihimasok sa Aking gawain ay itinatapon sa mga bartolina, at matapos silang pakawalan ay naliligiran pa rin sila ng sakuna, tumatanggap ng nakakapasong apoy ng lupa. Kapag Ako ay nasa Aking nagkatawang-taong laman, kasusuklaman Ko ang sinumang nakikipagtalo sa Aking gawain sa Aking katawang-tao. Maraming beses Ko nang naipaalala sa lahat ng tao na wala Akong kamag-anak sa lupa, at sinumang nagtuturing sa Akin bilang isang kapantay, at hinahatak Ako sa kanila upang magunita nila ang mga panahong nakaraan sa Aking piling, ay sasailalim sa pagkawasak. Ito ang Aking utos. Sa gayong mga bagay ni katiting ay hindi Ako maluwag sa tao. Lahat ng nanghihimasok sa Aking gawain at nagpapayo sa Akin ay kinakastigo Ko, at hindi Ko patatawarin kailanman. Kung hindi Ako nagsasalita nang malinaw, hindi matatauhan ang mga tao kailanman, at hindi sinasadyang mahuhulog sila sa Aking pagkastigo—sapagkat hindi Ako kilala ng tao sa Aking katawang-tao.

Marso 20, 1992

Kabanata 21

Nahuhulog ang tao sa gitna ng Aking liwanag, at mabilis na nakakabangon dahil sa Aking pagliligtas. Kapag dinadala Ko ang kaligtasan sa buong sansinukob, sinusubukan ng tao na humanap ng mga paraan upang makapasok sa daloy ng Aking pagpapanumbalik, subalit maraming natatangay nang walang bakas sa malakas na agos na ito ng panunumbalik; maraming nalulunod at nilalamon ng malalakas na agos ng mga tubig; at marami ring nananatili sa gitna ng malakas na agos, na hindi kailanman naligaw ng direksyon, at sa gayon ay sumusunod sa malakas na agos hanggang ngayon. Humahakbang Ako kasabay ng tao, subalit hindi pa rin Ako nakilala ng tao kailanman; alam lamang niya ang suot Kong panlabas na pananamit, ngunit wala siyang kaalam-alam tungkol sa yaman na nakatago sa loob Ko. Bagama't tinutustusan Ko ang tao at binibigyan Siya bawat araw, wala siyang kakayahang tunay na tumanggap, hindi niya matanggap ang lahat ng yamang bigay Ko. Walang katiwalian ng tao ang nakakatakas sa Aking pansin; para sa Akin, ang mundo sa kanyang kalooban ay kasingliwanag ng buwan sa tubig. Hindi Ko tinatrato ang tao nang basta-basta, ni hindi Ako gumagawa sa kanya nang hindi nag-iisip; talagang wala lamang kakayahan ang tao na panagutan ang kanyang sarili, at sa gayon ay palaging ubod ng sama ang buong sangkatauhan, at kahit ngayon ay nananatili siyang walang kakayahang lumaya mula sa gayong kasamaan. Kaawa-awa at kalunus-lunos na sangkatauhan! Bakit nga ba mahal Ako ng tao, ngunit hindi niya kayang sundin ang mga layunin ng Aking Espiritu? Talaga bang hindi Ko naihayag ang Aking Sarili sa sangkatauhan? Talaga bang hindi pa nakita ng sangkatauhan ang Aking

mukha kailanman? Maaari kayang napakaliit ng awang naipakita Ko sa sangkatauhan? O ang mga rebelde ng buong sangkatauhan! Kailangan silang madurog sa ilalim ng Aking mga paa; kailangan silang maglaho sa gitna ng Aking pagkastigo, at, sa araw na makumpleto ang Aking dakilang gawain, kailangan silang itaboy mula sa sangkatauhan, upang makilala ng buong sangkatauhan ang pangit nilang mukha. Ang katotohanan na bihirang makita ng tao ang Aking mukha o marinig ang Aking tinig ay dahil napakagulo ng buong mundo, at napakaingay nito, at sa gayon ay tamad na tamad ang tao na hanapin ang Aking mukha at subukang unawain ang Aking puso. Hindi ba ito ang dahilan ng katiwalian ng tao? Hindi ba ito ang dahilan kaya nangangailangan ang tao? Noon pa man ay tinutustusan Ko na ang buong sangkatauhan; kung hindi, kung hindi Ako naging maawain, sino ang mananatiling buhay hanggang ngayon? Ang yamang nasa Akin ay walang kapantay, subalit lahat ng kalamidad ay hawak rin ng Aking mga kamay—at sino ang nakakatakas mula sa kalamidad kung kailan nila gusto? Ang mga panalangin ba ng tao, o ang pagtangis sa kanyang puso ang nagtutulot sa kanya na gawin iyon? Hindi kailanman tunay na nanalangin sa Akin ang tao, kaya nga sa buong sangkatauhan, walang sinuman sa kanilang buong buhay ang nabuhay sa gitna ng totoong liwanag; nabubuhay lamang ang mga tao sa liwanag na angkop na umaandap-andap maya't maya. Ito yaong humantong sa kakulangan ng sangkatauhan ngayon.

Lahat ay inip na naghihintay, handang ibuhos ang lahat para sa Akin upang may mapala sila mula sa Akin, kaya nga, sa pag-ayon sa sikolohiya ng tao, binibigyan Ko siya ng mga pangako upang mahikayat siya na tunay Akong mahal. Totoo bang ang tunay na pagmamahal ng tao ang nagbibigay sa kanya ng lakas? Ang katapatan ba sa Akin ng tao ang nakaantig sa Aking Espiritu sa langit? Hindi kailanman naapektuhan ng mga kilos ng tao ang langit kahit kaunti, at kung ibinatay ang Aking pagtrato sa tao sa bawat kilos niya, mabubuhay ang buong sangkatauhan sa gitna ng Aking pagkastigo. Nakita Ko na ang maraming tao na dumadaloy ang mga luha sa kanilang mga pisngi, at nakita Ko na ang maraming tao na nag-aalay ng kanilang puso kapalit ng Aking yaman. Sa kabila ng gayong “pagiging maka-Diyos,” hindi Ko kailanman malayang naibigay ang lahat-lahat Ko sa tao nang dahil sa kanyang mga biglang simbuyo, sapagkat hindi kailanman naging handa ang tao na masayang ilaan ang kanyang sarili sa Aking harapan. Tinanggal Ko ang mga maskara ng lahat ng tao at itinapon Ko ang mga maskarang ito sa lawa ng apoy, at dahil dito, hindi kailanman nanatiling matibay ang pakunwaring katapatan at mga pagsamo ng tao sa Aking harapan. Ang tao ay parang ulap sa kalangitan: Kapag umugong ang hangin, kinatatakutan niya ang lakas ng puwersa nito kaya mabilis itong lumulutang sa pagsunod dito, sa malaking takot na baka pabagsakin siya dahil sa kanyang pagsuway. Hindi ba ito ang pangit na mukha ng tao? Hindi ba ito ang tinatawag na pagkamasunurin ng tao? Hindi ba ito ang “tunay na pakiramdam” at huwad na mabuting kalooban ng tao? Maraming taong ayaw makumbinsi sa lahat ng pagbigkas na nagmumula sa Aking bibig, at maraming ayaw tumanggap sa Aking pagsusuri, at dahil dito ay inihahayag ng kanilang mga salita at kilos ang mapaghimagsik nilang mga layon. Salungat ba sa dating likas

na pagkatao ng tao ang tinutukoy Ko? Hindi Ko pa ba nabigyan ang tao ng akmang paglalarawan ayon sa “mga batas ng kalikasan”? Hindi totoong sumusunod sa Akin ang tao; kung totoong hinanap niya Ako, hindi Ko na sana kinailangang magsalita ng napakarami. Ang tao ay walang-halagang basura, at kailangan Kong gamitin ang Aking pagkastigo upang pilitin siyang umusad; kung hindi Ko ginawa iyon, paano maaantig—kahit sapat ang mga pangakong ibinibigay Ko sa kanya para sa kanyang kasiyahan—ang kanyang puso? Noon pa man ay nabubuhay na ang tao sa gitna ng masakit na pagpupunyagi sa loob ng maraming taon; masasabi na noon pa man ay nabubuhay na siya sa kawalan ng pag-asa. Dahil dito, naiwan siyang nanghihina ang loob, at pagod ang katawan at isipan, kaya nga hindi niya masayang tinatanggap ang yaman na ibinibigay Ko sa kanya. Kahit ngayon, walang sinumang nagagawang tanggapin ang buong tamis ng espiritung nagmumula sa Akin. Mananatili na lamang mahirap ang mga tao, at maghihintay ng huling araw.

Maraming taong nais Akong mahalin nang tapat, ngunit dahil hindi nila pag-aari ang kanilang puso, wala silang kontrol sa kanilang sarili; maraming taong totoong nagmamahal sa Akin habang nararanasan nila ang mga pagsubok na bigay Ko, subalit wala silang kakayahang unawain na talagang umiiral Ako, at minamahal lamang Ako sa kahungkagan, at hindi dahil sa Aking aktwal na pag-iral; maraming taong nag-aalay ng kanilang puso sa Aking harapan at pagkatapos ay hindi nila pinapansin ang kanilang puso, at sa gayon ay inaagaw ni Satanas ang kanilang puso tuwing may pagkakataon ito, at pagkatapos ay tinatalikuran nila Ako; maraming tao ang tunay na nagmamahal sa Akin kapag ibinibigay Ko ang Aking mga salita, subalit hindi itinatangi ang Aking mga salita sa kanilang espiritu, sa halip ay kaswal nilang ginagamit ang mga ito na parang pag-aari ng publiko at inihahagis ang mga ito pabalik sa pinanggalingan ng mga ito kung kailan nila gusto. Hinahanap Ako ng tao sa gitna ng pasakit, at bumabaling siya sa Akin sa mga oras ng pagsubok. Sa mga panahon ng kapayapaan ay nasisiyahan siya sa Akin, kapag nasa panganib ay ikinakaila niya Ako, kapag abala ay kinalilimutan niya Ako, at kapag hindi siya abala ay gumagawa siya nang hindi nag-iisip para sa Akin—subalit walang sinuman kailanman na nagmahal sa Akin habambuhay nila. Nais Ko sanang maging taimtim ang tao sa Aking harapan: Hindi Ko hinihiling na bigyan niya Ako ng anuman, kundi na seryosohin lamang Ako ng lahat ng tao, na, sa halip na bolahin Ako, tinutulutan nila Akong ibalik ang katapatan ng tao. Laganap sa lahat ng tao ang Aking kaliwanagan, pagpapalinaw, at halaga ng Aking mga pagsisikap, subalit laganap din sa lahat ng tao ang tunay na katotohanan ng bawat kilos ng tao, tulad ng kanilang panlilinlang sa Akin. Para bang ang mga sangkap ng panlilinlang ng tao ay nasa kanya na mula pa sa sinapupunan, na parang taglay na niya ang mga natatanging kasanayan sa pandaraya mula nang isilang. Bukod pa ryan, hindi niya kailanman ibinunyag ang plano; walang sinumang nakaaninag sa ugat ng mga kasanayang ito sa pandaraya. Dahil dito, nabubuhay ang tao sa gitna ng panlilinlang nang hindi ito namamalayan, at parang pinatatawad niya ang kanyang sarili, parang ito ang mga plano ng Diyos sa halip na kanyang sadyang

panlilinlang sa Akin. Hindi ba ito mismo ang pinagmulan ng panlilinlang ng tao sa Akin? Hindi ba ito ang kanyang tusong pakana? Hindi Ako nalito kailanman ng mga pambobola at panlilinlang ng tao, sapagkat matagal Ko nang napagtanto ang kanyang diwa. Sino ang nakakaalam kung gaano karumi ang nasa kanyang dugo, at kung gaano karami ang kamandag ni Satanas na nasa utak ng kanyang buto? Lalo iyong nakakasanayan ng tao sa bawat araw na lumilipas, kaya hindi na niya nadarama ang pinsalang dulot ni Satanas, at sa gayon ay wala siyang interes na alamin ang “sining ng malusog na pamumuhay.”

Kapag malayo ang tao sa Akin, at kapag sinusubok niya Ako, itinatago Ko ang Aking sarili mula sa kanya sa mga ulap. Dahil dito, wala siyang makitang anumang bakas Ko, at nabubuhay lamang sa kamay ng masasama, na ginagawa ang lahat ng kanilang hinihiling. Kapag malapit ang tao sa Akin, nagpapakita Ako sa kanya at hindi Ko itinatago ang Aking mukha sa kanya, at sa panahong ito, nakikita ng tao ang Aking mabait na mukha. Bigla siyang natatauhan, at kahit hindi niya namamalayan, nagkakaroon siya ng pagmamahal sa Akin. Sa kanyang puso, bigla niyang nadarama ang walang-kapantay na tamis, at nahihiwagaan siya kung paanong hindi niya nalaman ang Aking pag-iral sa sansinukob. Sa gayon ay nagkaroon ng mas malalim na pakiramdam ang tao sa Aking pagiging kaibig-ibig, at, bukod pa ryan, sa Aking kahalagahan. Dahil dito, ayaw na niya Akong muling iiwan, itinuturing niya Akong liwanag ng kanyang kaligtasan sa buhay, at, sa malaking takot na iiwan Ko siya, niyayakap niya Ako nang mahigpit. Hindi Ako naaantig sa kasigasigan ng tao, ngunit maawain Ako sa kanya dahil sa kanyang pagmamahal. Sa panahong ito, agad na nabubuhay ang tao sa gitna ng Aking mga pagsubok. Naglalaho ang Aking mukha mula sa kanyang puso, at agad niyang nadarama na hungkag ang kanyang buhay, at bumabaling ang kanyang mga saloobin sa pagtakas. Sa sandaling ito, nalalantad ang puso ng tao. Hindi niya Ako niyayakap dahil sa Aking disposisyon, kundi hinihiling niya na protektahan Ko siya dahil sa Aking pagmamahal. Subalit kapag ginantihan Ko ng pagmamahal ang tao, nagbabago kaagad ang kanyang isip; sinisira niya ang kanyang tipan sa Akin at humihiwalay sa Aking paghatol, ayaw na niyang tingnang muli ang maawain Kong mukha kailanman, kaya nga binabago niya ang kanyang pananaw tungkol sa Akin, at sinasabi na hindi Ko nailigtas ang tao kailanman. Awa lamang ba talaga ang kabilang sa tunay na pagmamahal? Minamahal lamang ba Ako ng tao kung nabubuhay siya sa ilalim ng Aking nagniningning na liwanag? Lumilingon siya sa nakaraan ngunit nabubuhay siya sa kasalukuyan—hindi ba ganito ang kalagayan ng tao? Talaga bang ganito pa rin kayo kinabukasan? Nais Kong magkaroon ng puso ang tao na nasasabik sa Akin sa kaibuturan nito mismo, hindi isang puso na nagpapalugod sa Akin nang paimbabaw.

Marso 21, 1992

Kabanata 22

Nabubuhay ang tao sa gitna ng liwanag, subalit hindi niya namamalayan ang kahalagahan ng liwanag. Wala siyang alam tungkol sa diwa ng liwanag, at sa pinagmumulan ng liwanag, at, bukod pa ryan, kung kanino ang liwanag na ito. Kapag ipinagkakaloob Ko ang liwanag sa tao, agad Kong sinusuri ang mga kundisyon ng tao: Dahil sa liwanag, lahat ng tao ay nagbabago at lumalago, at nilisan na ang kadiliman. Tinitingnan Ko ang bawat sulok ng sansinukob, at nakikita Ko na ang kabundukan ay nakabalot sa hamog, na ang mga tubig ay nagyelo na sa gitna ng lamig, at na, dahil sa pagdating ng liwanag, tumitingin ang mga tao sa Silangan, na nagbabaka-sakaling makatuklas pa ng isang bagay na mas mahalaga—subalit ang tao ay hindi pa rin makahiwatig ng malinaw na direksyon sa loob ng hamog. Dahil nalulukuban ng hamog ang buong mundo, kapag tumitingin Ako mula sa mga ulap, walang taong nakatutuklas sa Aking pag-iral kailanman. May hinahanap na isang bagay ang tao sa lupa; tila mayroon siyang sinisiyasat; mukhang layon niyang hintayin ang Aking pagdating—subalit hindi niya alam ang Aking araw, at makakatingin lamang siya nang madalas sa kislap ng liwanag sa Silangan. Sa lahat ng tao, hinahanap Ko yaong mga tunay na nakaayon sa Aking sariling puso. Nabubuhay Ako sa piling ng lahat ng tao, at naninirahan sa piling ng lahat ng tao, ngunit ligtas at matiwasay ang tao sa lupa, kaya nga walang sinumang tunay na nakaayon sa Aking sariling puso. Hindi alam ng mga tao kung paano magmalasakit sa Aking kalooban, hindi nila makita ang Aking mga kilos, at hindi sila makagalaw sa loob ng liwanag at masinagan ng liwanag. Bagama't palaging pinahahalagahan ng tao ang Aking mga salita, wala siyang kakayahang maaninag ang mapanlinlang na mga pakana ni Satanas; dahil ang tayog ng tao ay napakababa, hindi niya magawa ang minimithi ng kanyang puso. Hindi Ako tapat na minahal ng tao kailanman. Kapag itinataas Ko siya, pakiramdam niya ay hindi siya karapat-dapat, ngunit hindi niya sinusubukang palugurin Ako dahil dito. Hawak lamang niya ang “katayuan” na naibigay Ko sa kanyang mga kamay at sinusuri ito; hindi nadarama ang Aking pagiging kaibig-ibig, sa halip ay nagpupumilit siyang magpakabundat sa mga pakinabang ng kanyang katayuan. Hindi ba ito ang kakulangan ng tao? Kapag gumagalaw ang mga bundok, maaari ba silang lumihis ng daan para sa kapakanan ng iyong katayuan? Kapag dumadaloy ang mga tubig, maaari bang huminto ang mga ito sa harap ng katayuan ng tao? Mababaligtad ba ng katayuan ng tao ang kalangitan at ang lupa? Minsan Akong naging maawain sa tao, nang paulit-ulit—subalit walang sinumang nagmamahal o nagpapahalaga rito. Pinakinggan lamang nila ito bilang isang kuwento, o binasa ito bilang isang nobela. Hindi ba talaga naaantig ng Aking mga salita ang puso ng tao? Talaga bang walang bisa ang Aking mga pagbigkas? Maaari kayang walang sinumang naniniwala sa Aking pag-iral? Hindi mahal ng tao ang kanyang sarili; sa halip, nakikiisa siya kay Satanas para lusubin Ako, at ginagamit si Satanas bilang isang “pag-aari” upang paglingkuran Ako. Papasukin Ko ang lahat ng mapanlinlang na mga pakana ni

Satanas, at pipigilan ang mga tao sa lupa na tanggapin ang mga panlilinlang ni Satanas, upang hindi sila kumalaban sa Akin dahil sa pag-iral nito.

Sa kaharian, Ako ay Hari—ngunit sa halip na tratuhin Ako bilang Hari nito, tinatrato Ako ng tao bilang “Tagapagligtas na bumaba na mula sa langit.” Dahil dito, nasasabik siyang bigyan Ko siya ng limos at hindi nagsisikap na magkaroon ng kaalaman tungkol sa Akin. Napakarami nang nagsumamo sa Aking harapan na parang mga pulubi; napakarami nang nagbukas ng kanilang “sako” sa Akin at nakiusap na bigyan Ko sila ng pagkain para mabuhay; napakaraming nagtuon ng kanilang gahamang mga mata sa Akin na parang gutom na mga lobo, na minimithing lamunin Ako at busugin ang kanilang tiyan; napakarami nang nagyuko ng kanilang ulo nang tahimik dahil sa kanilang mga paglabag at nakaramdam ng hiya, nagdarasal na kaawaan Ko sila, o kusang-loob na tinatanggap ang Aking pagkastigo. Kapag inilalabas Ko ang Aking mga pagbigkas, nagmumukhang kabaliwan ang iba’t ibang kalokohan ng tao, at nahahayag ang kanyang tunay na anyo sa loob ng liwanag; at sa nagniningning na liwanag, hindi mapatawad ng tao ang kanyang sarili. Sa gayon, nagmamadali siyang humarap sa Akin upang yumukod at ikumpisal ang kanyang mga kasalanan. Dahil sa “katapatan” ng tao, muli Ko siyang inilagay sa karwahe ng kaligtasan, at dahil dito ay nagpapasalamat siya sa Akin, at pinupukol Ako ng mapagmahal na sulyap. Subalit ayaw pa rin niyang tunay na humanap ng kanlungan sa Akin, at hindi pa niya lubos na naibibigay ang kanyang puso sa Akin. Ipinagyayabang lamang niya Ako, subalit hindi niya Ako tunay na mahal, sapagkat hindi pa niya naibaling ang kanyang isipan sa Akin; ang kanyang katawan ay nasa Aking harapan, subalit ang kanyang puso ay nasa Aking likuran. Dahil ang pang-unawa ng tao sa mga panuntunan ay kulang na kulang at wala siyang interes na humarap sa Akin, binibigyan Ko siya ng angkop na suporta, upang makabaling siya sa Akin mula sa gitna ng kanyang mapilit na kamangmangan. Ito mismo ang awang ibinibigay Ko sa tao, at ang pamamaraang ginagamit Ko sa pagsusumikap na iligtas siya.

Ipinagdiriwang ng mga tao sa buong sansinukob ang pagdating ng Aking araw, at lumalakad ang mga anghel sa piling ng lahat ng tao Ko. Kapag nagsasanhi ng kaguluhan si Satanas, ang mga anghel, dahil sa kanilang paglilingkod sa langit, ay laging tumutulong sa Aking mga tao. Hindi sila nalilinlang ng diyablo dahil sa kahinaan ng tao ngunit, dahil sa mabangis na pagsalakay ng mga puwersa ng kadiliman, lalo silang nagsisikap na maranasan ang buhay ng tao sa kabila ng hamog. Nagpapasakop ang lahat ng Aking tao sa ilalim ng Aking pangalan, at walang sinumang nag-aaklas upang lantaran Akong kalabanin. Dahil sa pagpapagal ng mga anghel, tinatanggap ng tao ang Aking pangalan, at lahat ay nasa gitna ng daloy ng Aking gawain. Bumabagsak ang sanlibutan! Paralisado ang Babilonia! Ah, ang relihiyosong mundo! Paanong hindi ito mawawasak ng Aking awtoridad sa lupa? Sino ang nangangahas pa ring sumuway at kumalaban sa Akin? Ang mga eskriba? Lahat ng opisyal ng mga relihiyon? Ang mga pinuno at awtoridad sa lupa? Ang mga anghel? Sino ang hindi nagdiriwang sa pagkaperpekto at kapuspusan ng Aking katawan? Sa lahat ng tao, sino ang hindi umaawit

ng mga papuri sa Akin nang walang tigil, sino ang walang maliw ang kaligayahan? Naninirahan Ako sa lupain ng pugad ng malaking pulang dragon, subalit hindi ito nagiging sanhi na manginig Ako sa takot o tumakbo palayo, sapagkat lahat ng tao nito ay nagsimula nang masuklam dito. Hindi kailanman nagampanan ng anuman ang “tungkulin” nito sa harap ng dragon para sa kapakanan ng dragon; sa halip, lahat ng bagay ay kumikilos ayon sa nakikita nilang angkop, at bawat isa ay gumagawa sa sarili nitong paraan. Paanong hindi malilipol ang mga bansa sa mundo? Paanong hindi babagsak ang mga bansa sa lupa? Paanong hindi magbubunyi ang Aking mga tao? Paanong hindi sila aawit nang may kagalakan? Gawain ba ito ng tao? Mga kamay ba ng tao ang gumagawa nito? Ibinigay Ko sa tao ang ugat ng kanyang pag-iral, at pinagkalooban Ko siya ng mga materyal na bagay, subalit hindi siya nasiyahan sa kanyang kasalukuyang sitwasyon at hinihiling niyang makapasok sa Aking kaharian. Ngunit paano siya makakapasok sa Aking kaharian nang napakadali, nang walang isinasakripisyo, nang hindi handang ialay ang kanyang di-makasariling debosyon? Sa halip na maningil ng anuman sa tao, gumagawa Ako ng mga hinihingi sa kanya, upang mapuspos ng kaluwalhatian ang Aking kaharian sa lupa. Nagabayan Ko ang tao tungo sa kasalukuyang kapanahunan, umiiral siya sa ganitong kundisyon, at nabubuhay siya sa patnubay ng Aking liwanag. Kung hindi nagkaganito, sino sa mga tao sa lupa ang makakaalam sa kanilang mga inaasam? Sino ang makakaunawa sa Aking kalooban? Idinaragdag Ko ang Aking mga panustos sa mga kinakailangan ng tao; hindi ba ito naaayon sa mga batas ng kalikasan?

Kahapon, nabuhay kayo sa gitna ng hangin at ulan; ngayon, nakapasok na kayo sa Aking kaharian at naging mga tao nito; at bukas, matatamasa ninyo ang Aking mga pagpapala. Sino ang nakaisip ng gayong mga bagay? Gaano karaming kagipitan at paghihirap ang mararanasan ninyo sa inyong buhay—alam ba ninyo? Sumusulong Ako sa gitna ng hangin at ulan, at nakisalamuha sa tao taun-taon, at nakarating na sa panahong ito. Hindi ba ito mismo ang mga hakbang ng Aking plano ng pamamahala? Sino na ang nakaragdag sa Aking plano? Sino ang makakahiwalay mula sa mga hakbang ng Aking plano? Nakatahan Ako sa puso ng daan-daang milyong tao, Ako ay Hari sa daan-daang milyong tao, at tinanggihan na Ako at siniraang-puri ng daan-daang milyong tao. Wala talaga ang Aking larawan sa kaibuturan ng puso ng tao. Bahagya lamang ang pagkahiwatig ng tao sa Aking maluwalhating anyo sa Aking mga salita, ngunit dahil nagagambala ng kanyang mga saloobin, wala siyang tiwala sa kanyang sariling damdamin; malabo lamang Ako sa kanyang puso, ngunit hindi ito nagtatagal doon. Kaya nga, ganito rin ang kanyang pagmamahal sa Akin: Ang kanyang pagmamahal sa Aking harapan ay mukhang pasumpung-sumpong, na para bang minahal Ako ng bawat tao ayon sa kanyang sariling pag-uugali, na para bang ang kanyang pagmamahal ay pakindat-kindat sa ilalim ng malabong liwanag ng buwan. Ngayon, dahil lamang sa Aking pagmamahal kaya ang tao ay nananatili at nagkaroon na ng mabuting kapalaran upang mabuhay. Kung hindi nagkaganito, sino sa sangkatauhan

ang hindi mapuputol ng liwanag ng laser dahil sa kanilang patpating katawan? Hindi pa rin kilala ng tao ang kanyang sarili. Nagpapasikat siya sa Akin, at nagmamamayabang habang nakatalikod Ako, subalit walang sinumang nangangahas na kumalaban sa Akin sa Aking harapan. Gayunman, hindi alam ng tao ang kahulugan ng pagkalaban na Aking binabanggit; sa halip, patuloy niya Akong sinusubukang lokohin, at patuloy na itinataas ang kanyang sarili—dito, hindi ba siya lantarang kumakalaban sa Akin? Nagpaparaya Ako sa kahinaan ng tao, ngunit hindi Ako maluwag ni katiting sa pagkalabang siya mismo ang gumagawa. Bagama't alam niya ang kahulugan nito, ayaw niyang kumilos alinsunod sa kahulugang ito at kumikilos lamang ayon sa kanyang gusto, at nililinlang ako. Nililinaw Ko ang Aking disposisyon sa Aking mga salita sa lahat ng oras, subalit ayaw tumanggap ng pagkatalo ang tao—kasabay nito, ipinapakita niya ang kanyang disposisyon. Sa gitna ng Aking paghatol, lubos na makukumbinsi ang tao, at sa gitna ng Aking pagkastigo, isasabuhay niya sa wakas ang Aking larawan at magiging pagpapakita Ko sa lupa!

Marso 22, 1992

Kabanata 23

Habang lumalabas ang Aking tinig, habang lumalabas ang apoy sa Aking mga mata, binabantayan Ko ang buong mundo, inoobserbahan Ko ang buong sansinukob. Nagdarasal sa Akin ang buong sangkatauhan, tumitingala sila sa Akin, nagmamakaawang tigilan Ko ang Aking galit, at sumusumpang hindi na maghihimagsik laban sa Akin. Ngunit hindi na ito ang nakaraan; ito ang kasalukuyan. Sino ang maaaring mag-urong sa Aking kalooban? Siguradong hindi ang mga panalangin sa kaibuturan ng puso ng mga tao, ni hindi ang mga salita sa kanilang bibig? Sino ang nanatiling buhay hanggang sa kasalukuyan, kung hindi dahil sa Akin? Sino ang nananatiling nabubuhay maliban sa pamamagitan ng mga salita sa Aking bibig? Sino ang hindi pinangangasiwaan ng Aking mga mata? Isinasagawa Ko ang Aking bagong gawain sa buong daigdig, at sino ang nakatakas na mula rito? Maiiwasan kaya ito ng kabundukan sa pamamagitan ng kanilang taas? Maitataboy kaya ito ng katubigan, sa pamamagitan ng kanilang maraming kalawakan? Sa Aking plano, hindi Ko basta hinayaang makalagpas ang anumang bagay, kaya nga wala pang sinuman, ni anuman, na nakaiwas sa paghawak ng Aking mga kamay. Ngayon, pinupuri ang Aking banal na pangalan sa buong sangkatauhan, at sa kabilang dako, lumalabas ang mga salita ng protesta laban sa Akin sa buong sangkatauhan, at laganap ang mga alamat tungkol sa Aking pagparito sa lupa sa buong sangkatauhan. Hindi Ko hinahayaan ang panghuhusga ng mga tao sa Akin, ni hindi Ko hinahayaang hati-hatiin nila ang Aking katawan, at lalong hindi Ko hinahayaan ang kanilang mga panlalait laban sa Akin. Dahil kailanman hindi niya Ako tunay na nakilala, palagi Akong sinusuway at nililinlang ng tao, na nabibigong itangi ang Aking

Espiritu o pahalagahan ang Aking mga salita. Para sa bawat gawa at kilos niya, at para sa saloobing taglay niya tungo sa Akin, ibinibigay Ko sa tao ang “gantimpala” na nararapat sa kanya. Kaya nga, kumikilos ang lahat ng tao para matamo ang kanilang gantimpala, at wala ni isang nakagawa ng anumang gawaing may kasamang pagsasakripisyo ng sarili. Ayaw ng mga tao na magbigay ng di-makasariling dedikasyon, kundi sa halip ay nagagalak sila sa mga gantimpalang makukuha nang walang kapalit. Bagama’t inilaan ni Pedro ang sarili niya sa Aking harapan, hindi iyon para sa kapakanan ng gantimpala sa hinaharap, kundi para sa kapakanan ng kaalaman ng ngayon. Hindi pa tunay na nakipagniig sa Akin ang sangkatauhan kailanman, kundi paulit-ulit siyang nakitungo sa Akin sa mababaw na paraan, na iniisip na makukuha niya ang Aking pagsang-ayon nang walang kahirap-hirap. Natingnan Ko na ang kaibuturan ng puso ng tao, kaya nahukay Ko na sa kanyang kaloob-looban ang “isang mina ng maraming kayamanan,” isang bagay na hindi pa alam kahit ng tao mismo, subalit muli Kong natuklasan. Kaya nga, kapag nakita na nila ang “materyal na katibayan,” saka lamang tumitigil ang mga tao sa kanilang banal-banalang pagpapakumbaba sa sarili at, habang nakaunat ang mga palad, umaamin sa kanilang sariling maruming kalagayan. Sa mga tao, napakarami pang bago na naghihintay na “ilabas” Ko para sa kasiyahan ng buong sangkatauhan. Hindi Ko ititigil ang Aking gawain nang dahil sa kawalan ng kakayahan ng tao, pinupungusan Ko siya alinsunod sa Aking orihinal na plano. Ang tao ay parang isang puno ng prutas: Kung hindi tatabasin, hindi mamumunga ang puno at, sa huli, ang tanging nakikita ng tao ay mga lantang sanga at nahulog na mga dahon, at wala man lamang prutas na nahuhulog sa lupa.

Habang pinalalamutan Ko ang “silid sa loob” ng Aking kaharian araw-araw, walang sinumang biglang pumapasok sa Aking “pagawaan” kailanman para gambalain ang Aking gawain. Ginagawa ng lahat ng tao ang lahat ng kaya nila upang makipagtulungan sa Akin, na takot na takot na “mapaalis” at “mawala sa kanilang posisyon” at sa gayon ay makaabot sa katapusan ng kanilang buhay, kung saan maaari pa silang mahulog sa “disyerto” na nasasakupan ni Satanas. Dahil sa mga takot ng tao, inaaliw Ko siya bawat araw, inaantig siyang magmahal bawat araw, at bukod pa riyon ay pinagbibilinan Ko siya sa gitna ng kanyang pang-araw-araw na buhay. Para bang bagong panganak na mga sanggol ang mga tao; maliban kung mabigyan ng gatas, lilisanin nila kaagad ang daigdig na ito, upang hindi na makita. Sa gitna ng mga pagmamakaawa ng sangkatauhan, pumaparito Ako sa mundo ng mga tao at, agad-agad, nananahan ang sangkatauhan sa isang mundo ng liwanag, na hindi na nakakulong sa loob ng isang “silid” kung saan isinisigaw nila ang kanilang mga dalangin sa langit. Sa sandaling makita nila Ako, inirereklamo ng mga tao ang mga “hinaing” na nakatago sa kanilang puso, ibinubuka ang kanilang bibig sa Aking harapan upang magmakaawa na hulugan sila ng pagkain. Ngunit pagkatapos, kapag humupa na ang kanilang mga takot at nagbalik na ang kanilang kahinahunan, hindi na sila humihiling ng anuman sa Akin, kundi nakakatulog na nang mahimbing, o kung hindi, itinatanggi ang Aking pag-iral, inaasikaso na nila ang

kanilang sariling mga gawain. Sa “pagpapabaya” ng sangkatauhan malinaw na malinaw kung paano isinasagawa ng mga tao, na walang “pakiramdam,” ang kanilang “katarungang walang kinikilingan” tungo sa Akin. Dahil doon, pagkakita sa tao sa kanyang di-kanais-nais na aspeto, tahimik Akong yumayaon at hindi na bababang muli kaagad kapag taimtim siyang nagmakaawa. Wala siyang kaalam-alam, lumalaki ang mga problema ng tao araw-araw, kaya nga, sa gitna ng kanyang kapaguran, kapag bigla niyang natuklasan ang Aking pag-iral, ayaw niyang tumanggap ng sagot na “hindi” at sinusunggaban Ako sa kuwelyo at hinahatak Ako papasok sa kanyang bahay bilang panauhin. Ngunit, bagama’t maaaring maghain siya ng masarap na pagkain para sa Aking kasiyahan, ni minsan ay hindi niya Ako itinuring na bahagi ng kanyang pamilya, sa halip ay tinatrato niya Ako bilang isang panauhin upang makakuha ng kaunting tulong mula sa Akin. Kaya nga, basta na lamang inilalahad ng tao ang kanyang nakakaawang kalagayan sa Aking harapan, sa pag-asang makuha ang Aking “lagda,” at, gaya ng isang nangangailangang umutang para sa kanyang negosyo, “nakikipagharap” siya sa Akin nang buong lakas niya. Sa bawat kilos at galaw niya, saglit Kong napapansin ang layunin ng tao: Sa kanyang pananaw, parang hindi Ko alam kung paano basahin ang kahulugang nakatago sa hitsura ng mukha ng isang tao o nakatago sa likod ng kanyang mga salita, o kung paano tingnan ang kaibuturan ng puso ng isang tao. Kaya nga ipinagtatapat sa Akin ng tao ang bawat karanasan sa bawat nakaharap niya, nang walang mali o kulang, at pagkatapos ay inilalatag niya ang kanyang mga kahilingan sa Aking harapan. Kinamumuhian at kinasusuklamang Ko ang bawat gawa at kilos ng tao. Sa buong sangkatauhan, wala ni isang nakagawa kailanman ng gawaing gustung-gusto Ko, na para bang sadyang kinakalaban Ako ng sangkatauhan, at sadyang inaakit ang Aking poot: Pabalik-balik silang lahat sa Aking harapan, na nagpapasasa sa sarili nilang kalooban sa harapan ng Aking mga mata. Wala ni isa sa sangkatauhan ang nabubuhay para sa Aking kapakanan, at dahil dito, walang halaga ni kahulugan ang pag-iral ng buong sangkatauhan, kaya nabubuhay ang sangkatauhan sa kawalan. Magkagayunman, ayaw pa ring gumising ng sangkatauhan, kundi patuloy na naghihimagsik laban sa Akin, na ipinipilit ang kanyang kawalang-kabuluhan.

Sa lahat ng pagsubok na napagdaanan nila, ni minsan ay hindi Ako nalugod sa sangkatauhan. Dahil sa kanilang malupit na kasamaan, hindi nilalayon ng sangkatauhan na magpatotoo sa Aking pangalan; sa halip, sila ay “tumatakbo sa kabilang daan” samantalang umaasa sa Akin para sa kanilang ikabubuhay. Ang puso ng tao ay hindi lubos na bumabaling sa Akin, kaya nga inaatake siya ni Satanas hanggang sa magkasugat-sugat siya, ang kanyang katawan ay natatakpan ng dumi. Ngunit hindi pa rin natatanto ng tao kung gaano kasuklam-suklam ang kanyang mukha: Noon pa niya sinasamba si Satanas habang nakatalikod Ako. Dahil dito, napopoot na inihulog Ko ang tao sa walang-hanggang hukay, para hindi na niya mapalaya ang kanyang sarili kailanman. Magkagayunman, sa gitna ng kanyang kalunus-lunos na paghagulgol, ayaw pa ring magbago ng isip ang tao, na masigasig na labanan Ako hanggang sa mapait na

katapusan, at umaasa na sa pamamagitan noon ay sadyang mapukaw ang Aking poot. Dahil sa kanyang nagawa, itinuturing Ko siyang makasalanan at pinagkakaitan siya ng init ng Aking yakap. Noong una pa man, pinaglingkuran na Ako ng mga anghel at sinunod Ako nang walang pagbabago o pagtigil, ngunit kabaligtaran nito mismo ang palaging nagagawa ng tao, na para bang hindi siya nagmula sa Akin, kundi ipinanganak ni Satanas. Ibinibigay sa Akin ng lahat ng anghel ang kanilang lubos na debosyon mula sa kani-kanilang lugar; hindi sila natitinag ng mga puwersa ni Satanas, at tinutupad lamang nila ang kanilang tungkulin. Pinasuso at pinangalagaan ng mga anghel, lumalago at lumulusog ang lahat ng Aking napakaraming anak at Aking mga tao, walang isa man sa kanila ang mahina o sakitin. Ako ang gumawa nito, ang Aking himala. Sa sunud-sunod na pagputok ng kanyon na nagpapasinaya sa pagtatatag ng Aking kaharian, ang mga anghel, na lumalakad sa maindayog na saliw, ay lumalapit sa harapan ng Aking entablado para magpasakop sa Aking pagsisiyasat, dahil ang kanilang mga puso ay walang karumihan at mga diyos-diyosan, at hindi sila umiiwas sa Aking pagsisiyasat.

Sa pag-ugong ng malakas na hangin, bumababa ang kalangitan sa isang iglap, sinasakal ang buong sangkatauhan upang hindi na sila makatawag sa Akin kapag gusto nila. Hindi nila alam, bumagsak na ang buong sangkatauhan. Umiindayog ang mga puno sa ugoy ng hangin, naririnig paminsan-minsan ang pagkabali ng mga sanga, at tinatangay ng hangin ang lahat ng lantang dahon. Biglang naging malungkot at mapanglaw ang daigdig, at mahigpit na niyayakap ng mga tao ang kanilang sarili, handa para sa kalamidad na susunod na tatama sa kanila anumang sandali pagsapit ng taglagas. Lilipad-lipad ang mga ibon sa mga burol, na parang iniiyak ang kanilang kalungkutan sa isang nilalang; sa mga yungib sa bundok, umaatungal ang mga leon, sinisindak ang mga tao sa tunog, nanlalamig ang utak ng kanilang buto sa takot at kinikilabutan sila, at parang may isang napakasamang pakiramdam, isang pahiwatig ng katapusan ng sangkatauhan. Dahil ayaw nilang magpasakop sa Aking pakikitungo sa kanila kung loloobin Ko, tahimik na nagdarasal ang lahat ng tao sa Pinakamakapangyarihang Panginoon sa langit. Ngunit paano mapipigilan ng ingay ng tubig na dumadaloy sa isang maliit na sapa ang malakas na hangin? Paano ito biglang mapapatigil ng tunog ng taimtim na mga dalangin ng mga tao? Paano mapapatahimik ang galit sa puso ng dagundong ng kulog alang-alang sa pagkamahiyain ng tao? Pabalik-balik na umuugoy ang tao sa hangin; paroo't parito siyang tumatakbo upang itago ang kanyang sarili mula sa ulan; at sa gitna ng Aking poot, nangangatal at nanginginig ang mga tao, takot na takot na dadaklutin Ko ng Aking kamay ang kanilang katawan, na para bang Ako ay nguso ng baril na laging nakatutok sa dibdib ng tao, at muli, para bang kaaway Ko siya, subalit siya ay Aking kaibigan. Hindi pa natutuklasan ng tao ang tunay Kong mga layunin para sa kanya, hindi pa niya nauunawaan ang tunay Kong mga layon, kaya nga, wala siyang kamalay-malay, sinasaktan niya Ako; wala siyang kamalay-malay, kinakalaban niya Ako; gayunman, hindi sinasadyang nakita na

rin niya ang Aking pagmamahal. Mahirap para sa tao na makita ang Aking mukha sa gitna ng Aking poot. Nakatago Ako sa maiitim na ulap ng Aking galit, at nakatayo Ako, sa gitna ng mga dagundong ng kulog, sa ibabaw ng buong sansinukob, na ibinababa ang Aking awa sa tao. Dahil hindi Ako kilala ng tao, hindi Ko siya kinakastigo dahil sa kabiguan niyang maunawaan ang Aking hangarin. Sa mga mata ng mga tao, ibinubulalas Ko ang Aking poot paminsan-minsan, ipinapakita Ko ang Aking ngiti paminsan-minsan, ngunit kahit nakikita niya Ako, hindi pa talaga nakita ng tao kailanman ang kabuuan ng Aking disposisyon at hindi pa rin naririnig ang matamis na ingay ng korneta, sapagkat naging masyado na siyang manhid at walang pakiramdam. Para bang umiiral ang Aking larawan sa mga alaala ng tao, at ang Aking anyo sa kanyang mga kaisipan. Gayunman, sa buong pag-unlad ng sangkatauhan hanggang sa ngayon, wala pa ni isang tao ang tunay na nakakita sa Akin kailanman, dahil masyadong mahina ang utak ng tao. Para sa buong “pagsisiyasat” ng tao sa Akin, dahil hindi sapat ang naging pag-unlad ng kanyang siyensya, wala pang mga resulta ang kanyang mga pagsasaliksik sa siyensya. Kaya nga, palaging blangkong-blanko ang paksa ng “Aking larawan,” na wala ni isang pupuno rito, wala ni isang sisira sa talaan ng mundo, sapagkat kahit ang pananatili ng sangkatauhan sa kanyang kasalukuyang katayuan sa ngayon ay isa nang di-masukat na kaaliwan sa gitna ng matinding kasawian.

Marso 23, 1992

Kabanata 24

Sumasapit ang Aking pagkastigo sa lahat ng tao, subalit nananatili rin itong malayo sa lahat ng tao. Buong buhay ng bawat tao ay puspos ng pagmamahal at pagkamuhi sa Akin, at wala ni isang nakakilala sa Akin kailanman—kaya nga sala-sa-init, sala-sa-lamig ang saloobin ng tao sa Akin, at wala itong kakayahang maging normal. Subalit mahal at pinoprotektahan Ko na ang tao noon pa man, at mapurol lamang ang kanyang isip kaya hindi niya makita ang lahat ng Aking mga gawa at maunawaan ang masigasig Kong mga layunin. Ako ang Siyang nangunguna sa lahat ng bansa, at Ako ang Kataas-taasan sa lahat ng tao; hindi lamang talaga Ako kilala ng tao. Sa loob ng maraming taon nanahan na Ako sa piling ng tao at nakaranas ng buhay sa mundo ng tao, subalit lagi niya Akong binabalewala at tinatrato na parang isang nilalang mula sa kalawakan. Bunga nito, dahil sa mga pagkakaiba sa disposisyon at pananalita, tinatrato Ako ng mga tao na parang isang estranghero sa daan. Tila lubhang kakaiba rin ang Aking kasuotan, at dahil dito ay walang lakas ng loob ang tao na lapitan Ako. Saka Ko lamang nadarama ang kapanglawan ng buhay sa piling ng tao, at saka Ko lamang nadarama ang kawalan ng katarungan sa mundo ng tao. Lumalakad Ako sa gitna ng mga taong nagdaraan, habang inoobserbahan Ko ang mukha nilang lahat. Parang nabubuhay sila sa gitna ng isang

karamdaman, isang karamdamang pinupuno ng kalungkutan ang kanilang mukha; at parang nabubuhay rin sila sa gitna ng pagkastigo, na pumipigil sa kanilang paglaya. Iginagapos ng tao ang kanyang sarili, at nagpapakita siya ng kababaang-loob. Karamihan sa mga tao ay lumilikha ng maling impresyon tungkol sa kanilang sarili sa Aking harapan para mapuri Ko sila, at karamihan sa mga tao ay sadyang nag-aanyong kaawa-awa sa Aking harapan upang makuha nila ang tulong Ko. Sa Aking likuran, sinusuyo at sinusuway Ako ng lahat ng tao. Hindi ba tama Ako? Hindi ba ganito ang pamamaraan ng tao para manatiling buhay? Sino ang nabuhay na para sa Akin sa kanilang buhay? Sino ang nagtaas na sa Akin sa iba? Sino ang nagapos na sa harap ng Espiritu? Sino ang nakapanindigan na sa kanilang patotoo sa Akin sa harap ni Satanas? Sino ang nakapagdagdag na ng pagiging totoo sa “katapatan” nila sa Akin? Sino ang naitakwil na ng malaking pulang dragon dahil sa Akin? Pumanig na ang mga tao kay Satanas at ngayon ay naglulunoy na kasama nito sa lusak; mga bihasa sila sa pagsuway sa Akin, sila ang mga imbentor ng pagkontra sa Akin, at sila ay “mauunlad na estudyante” sa kanilang padalus-dalos na mga paraan ng pakikitungo sa Akin. Alang-alang sa sarili niyang tadhana, paroo’t parito sa lupa ang tao sa paghahanap at kapag pinalalapit Ko siya, hindi pa rin niya madama ang Aking kahalagahan, at patuloy siyang “sumasampalataya” sa pag-asa sa kanyang sarili, ayaw niyang maging “pasanin” sa iba. Mahalaga ang “mga hangarin” ng tao, subalit kailanman ay hindi ganap na nakamtan ninuman ang kanyang mga hangarin: Gumuguho silang lahat sa Aking harapan, tahimik na bumabagsak.

Nagsasalita Ako bawat araw, at gumagawa Ako ng mga bagong bagay bawat araw. Kung hindi aasa ang tao sa kanyang buong lakas, mahihirapan siyang marinig ang Aking tinig, at mahihirapan siyang makita ang Aking mukha. Maaaring napakaganda ng minamahal, at napakahinahon Niyang magsalita, ngunit walang kakayahan ang tao na madaling mamasdan ang Kanyang maluwalhating mukha at marinig ang Kanyang tinig. Sa paglipas ng mga kapanahunan, wala pa ni isa na madaling nakakita sa Aking mukha. Kinausap Kong minsan si Pedro at “nagpakita” Ako kay Pablo, ngunit wala nang iba—maliban sa mga Israelita—na tunay na nakakita sa Aking mukha. Ngayon, personal Akong pumarito sa tao upang mamuhay sa piling niya. Maaari kayang tila hindi ito bihira at mahalaga sa inyo? Ayaw ba ninyong gamitin ang oras ninyo sa pinakamahusay na paraan? Gusto ba ninyong lumampas ito sa inyo sa ganitong paraan? Maaari kayang biglang tumigil ang mga kamay ng orasan sa isipan ng mga tao? O maaari kayang tumakbo nang paatras ang oras? O maaari kayang maging batang muli ang tao? Maaari kayang bumalik na muli ang pinagpalang buhay ng ngayon? Hindi Ko binibigyan ang tao ng angkop na “gantimpala” para sa kanyang “basura.” Nagpupumilit lamang Akong gawin ang Aking gawain, na hiwalay sa lahat ng iba pa, at hindi Ko pinipigil ang takbo ng panahon dahil abala ang tao, o dahil sa tunog ng kanyang mga pag-iyak. Sa loob ng ilang libong taon, wala pang sinumang nakapaghati ng Aking lakas, at wala pang sinumang nakapagpataob sa orihinal Kong plano. Lalampasan Ko ang kalawakan, at

sasaklawin ang mga kapanahunan, at sisimulan ang buod ng Aking buong plano kapwa sa itaas at sa lahat ng bagay. Wala ni isang tao ang nakatanggap ng espesyal na pagtrato mula sa Akin o ng “mga gantimpala” mula sa Aking mga kamay, kahit binubuksan nila ang kanilang bibig at ipinagdarasal ang mga bagay na ito, at kahit inuunat nila ang kanilang mga kamay, at kinalilimutan ang lahat ng iba pa, hinihingi nila sa Akin ang mga bagay na ito. Wala ni isa sa mga taong ito ang nakaantig sa Akin kailanman, at napaurong silang lahat ng Aking “walang-pusong” tinig. Naniniwala pa rin ang karamihan sa mga tao na “napakabata” pa nila, kaya nga hinihintay nila Akong magpakita ng malaking awa, na maging mahabagin sa kanila sa pangalawang pagkakataon, at hinihiling nila na payagan Ko silang pumasok sa di-matapat na paraan. Subalit paano Ko basta na lamang panghihimasukan ang Aking plano? Maaari Ko bang patigilin ang ikot ng mundo alang-alang sa kabataan ng tao, upang mabuhay siya ng ilang taon pa sa lupa? Napakakumplikado ng utak ng tao, subalit tila may mga bagay ring kulang dito. Dahil dito, madalas lumitaw sa isip ng tao ang “kahanga-hangang mga paraan” para sadyang gambalain ang Aking gawain.

Bagama’t maraming beses Ko nang napatawad ang tao sa kanyang mga kasalanan at naipakita sa kanya ang espesyal na tulong dahil sa kanyang kahinaan, maraming panahon Ko rin siyang napaglaanan ng angkop na pagtrato dahil sa kanyang kamangmangan. Hindi lamang talaga nalaman ng tao kailanman kung paano pahalagahan ang Aking kabaitan, kaya siya nalugmok sa kasalukuyan niyang sitwasyon: balot ng alikabok, punit-punit ang kasuotan, parang mga ligaw na damo ang buhok na nakatakip sa kanyang ulo, napakarungis ng kanyang mukha, ang suot niya sa mga paa ay hindi kininis na sapatos na siya lamang ang gumawa, ang mga kamay niya ay parang mga kuko ng patay na agila na hinang-hinang nakalaylay sa kanyang tagiliran. Kapag nagmumulat Ako ng mga mata at tumitingin, parang kaaahon lamang ng tao mula sa walang-hanggang hukay. Hindi Ko mapigilang magalit: Mapagparaya na Ako sa tao noon pa man, subalit paano Ko maaaring tulutan ang diyablo na maglabas-masok sa Aking banal na kaharian kung kailan nito gusto? Paano Ko maaaring tulutan ang isang pulubi na kumain nang libre sa Aking sambahayan? Paano Ko maaaring hayaang magkaroon ng isang maruming demonyo bilang panauhin sa Aking sambahayan? Ang tao noon pa man ay naging “mahigpit sa kanyang sarili” at “maluwag sa iba,” subalit hindi siya naging magalang ni katiting sa Akin kailanman, sapagkat Ako ang Diyos sa langit, kaya nga iba ang pagtrato niya sa Akin, at hindi siya nagkaroon ng kahit katiting na pagmamahal para sa Akin kailanman. Parang sadyang mas matalas ang mga mata ng tao: Sa sandaling makaharap niya Ako, nagbabago kaagad ang hitsura ng kanyang mukha at dinaragdagan niya ng kaunti pang ekspresyon ang kanyang malamig at manhid na pagmumukha. Hindi Ako naglalapat ng angkop na mga parusa sa tao dahil sa kanyang saloobin sa Akin, kundi tumitingin lamang Ako sa kalangitan mula sa itaas ng mga sansinukob at mula roon ay isinasagawa Ko ang Aking gawain sa lupa. Sa mga alaala ng tao, hindi Ako nagpakita kailanman ng kabaitan sa sinumang tao, ngunit hindi

Ko rin minaltrato ang sinuman. Dahil hindi nag-iiwan ng “bakanteng upuan” ang tao para sa Akin sa kanyang puso, kapag hindi Ako naglalakas-loob at nananahan sa kanyang kalooban, marahas niya Akong itinataboy nang sapilitan, at pagkatapos ay gumagamit siya ng magagandang salita at pambobola para makapangatwiran, na nagsasabing napakalaki ng kanyang pagkukulang at wala siyang kakayahang tustusan ang kanyang sarili para sa Aking kasiyahan. Habang nagsasalita siya, madalas matakpan ang kanyang mukha ng “madidilim na ulap,” na parang may paparating na kalamidad sa tao anumang oras. Subalit pinaalis pa rin niya Ako, nang hindi man lamang iniisip ang mga panganib sa paligid. Kahit nagbibigay Ako sa tao gamit ang Aking mga salita at init ng Aking yakap, parang wala siyang pandinig, at sa gayon ay hindi niya pinapansin kahit bahagya ang Aking tinig, sa halip ay hawak niya ang kanyang ulo habang mabilis siyang umaalis. Nililisan Ko ang tao na medyo dismayado, ngunit medyo napopoot din. Samantala, naglalaho kaagad ang tao sa gitna ng bugso ng malalakas na unos at malalaking alon. Maya-maya pa, dumaraing siya sa Akin, ngunit paano niya maaapektuhan ang galaw ng hangin at mga alon? Unti-unti, naglaho ang lahat ng bakas ng tao, hanggang sa tuluyan na siyang mawala.

Bago ang mga kapanahunan, tumingin Ako sa lahat ng lupain mula sa itaas ng mga sansinukob. Nagplano Ako ng isang malaking gawain sa lupa: ang paglikha ng isang sangkatauhan na naaayon sa sarili Kong puso, at ang pagtatayo ng isang kaharian sa lupa na katulad noong nasa langit, na nagtutulot na mapuno ng Aking kapangyarihan ang kalangitan at lumaganap ang Aking karunungan sa buong sansinukob. Kaya ngayon, pagkaraan ng libu-libong taon, nagpapatuloy Ako sa Aking plano. Subalit walang nakakaalam sa Aking plano o pamamahala sa lupa, at lalong hindi nila nakikita ang Aking kaharian sa lupa. Dahil dito, walang napapala ang tao, at lumalapit sa Aking harapan upang subukang lokohin Ako, na nagnanais na magbayad ng “suhol” para sa mga Aking pagpapala sa langit. Dahil dito, pinupukaw niya ang Aking poot at hinahatulan Ko siya, ngunit hindi pa rin siya nagigising. Para bang nagtatrabaho siya sa ilalim ng lupa, ganap na walang nalalaman tungkol sa nasa ibabaw ng lupa habang wala siyang ibang pinagsisikapang matamo kundi ang sarili niyang mga inaasam. Sa lahat ng tao, wala Akong nakitang sinuman kailanman na nabubuhay sa ilalim ng Aking nagniningning na liwanag. Nabubuhay sila sa isang mundo ng kadiliman, at tila nasanay na sila sa pamumuhay sa gitna ng dilim. Kapag dumarating ang liwanag nananatili sila sa malayo, at para bang nakagambala ang liwanag sa kanilang gawain; dahil dito, medyo naiinis sila, na para bang nabasag ng liwanag ang lahat ng kanilang kapayapaan at iniwan silang hindi makatulog nang mahimbing. Dahil dito, ibinubuhos ng tao ang lahat ng kanyang lakas upang itaboy ang liwanag. Tila kulang din sa kamalayan ang liwanag, kaya nga ginigising nito ang tao mula sa kanyang pagtulog, at kapag nagising ang tao, nagpipikit siya ng mga mata, na nadaraig ng galit. Medyo hindi siya nalulugod sa Akin, subalit sa puso Ko ay alam Ko ang totoo. Unti-unti Kong pinatitindi ang liwanag, kaya lahat ng tao ay nabubuhay sa gitna ng Aking liwanag, kaya hindi nagtagal ay

nasasanay sila sa pakikihalubilo sa liwanag, at, bukod pa ryan, pinahahalagahan ng lahat ang liwanag. Sa panahong ito, dumating ang Aking kaharian sa tao, lahat ng tao ay masayang nagsasayawan at nagdiriwang, biglang napuno ng kasayahan ang lupa, at ang libu-libong taon ng katahimikan ay binasag ng pagdating ng liwanag ...

Marso 26, 1992

Kabanata 25

Lumilipas ang panahon, at sa isang kisap-mata, dumating na ang ngayon. Sa ilalim ng patnubay ng Aking Espiritu, lahat ng tao ay nabubuhay sa gitna ng Aking liwanag, at hindi na iniisip ninuman ang nakaraan o pinapansin ang kahapon. Sino ang hindi pa nabuhay at umiral sa kasalukuyan kailanman? Sino ang hindi pa nakagugol ng magagandang araw at buwan sa kaharian? Sino ang hindi pa nabuhay sa ilalim ng araw? Bagama't bumaba na ang kaharian sa tao, wala pang sinumang tunay na nakaranas ng init nito; minamasdan lamang ito ng tao mula sa labas, nang hindi nauunawaan ang diwa nito. Noong panahon na binubuo ang Aking kaharian, sino ang hindi nagalak dahil dito? Talaga bang makakatakas ang mga bansa sa lupa? Talaga bang makakatakas ang malaking pulang dragon dahil sa katusuhan nito? Ipinapahayag ang Aking mga atas administratibo sa buong sansinukob, itinatatag ng mga ito ang Aking awtoridad sa lahat ng tao, at nagkakabisa ito sa buong kosmos; magkagayunman, hindi pa ito talaga nalalaman ng tao. Kapag inihayag ang Aking mga atas administratibo sa sansinukob, iyon din ang panahon na malapit nang matapos ang Aking gawain sa lupa. Kapag namumuno Ako at gumagamit ng kapangyarihan sa lahat ng tao at kapag kinikilala Ako bilang ang nag-iisang Diyos Mismo, lubos na bababa ang Aking kaharian sa lupa. Ngayon, lahat ng tao ay may bagong simula sa isang bagong landas. Nagsimula na sila ng isang bagong buhay, subalit wala pang sinumang tunay na nakaranas ng buhay sa lupa na katulad sa langit. Talaga bang nabubuhay kayo sa gitna ng Aking liwanag? Talaga bang nabubuhay kayo sa Aking mga salita? Sino ang hindi nag-iisip sa sarili nilang mga inaasam? Sino ang hindi nababalisa sa sarili nilang kapalaran? Sino ang hindi nagpupunyagi sa gitna ng dagat ng pagdurusa? Sino ang ayaw palayain ang kanilang sarili? Ibinibigay ba ang mga pagpapala ng kaharian kapalit ng pagpapagal ng tao sa lupa? Maaari kayang matupad ang lahat ng hangarin ng tao ayon sa kanyang mga pagnanais? Inilahad Kong minsan ang magandang tanawin ng kaharian sa harap ng tao, subalit tinitigan lamang ito ng kanyang natatakaw na mga mata, at walang sinumang tunay na naghangad na pumasok doon. "Iniulat" Kong minsan sa tao ang tunay na sitwasyon sa lupa, ngunit wala siyang ibang ginawa kundi makinig, at hindi niya isinapuso ang mga salitang nagmula sa Aking bibig; sinabi Kong minsan sa tao ang mga kalagayan sa langit, subalit itinuring niyang magagandang kuwento ang Aking mga

salita, at hindi tunay na tinanggap yaong inilarawan ng Aking bibig. Ngayon, ang mga tagpo ng kaharian ay humahagibis sa gitna ng tao, ngunit mayroon na bang sinumang “tumawid sa tuktok at kapatagan” sa paghahanap dito? Kung hindi sa Aking paghimok, hindi pa sana nagising ang tao mula sa kanyang mga panaginip. Talaga bang lubha siyang nabighani sa kanyang buhay sa lupa? Talaga bang walang matataas na pamantayan sa kanyang puso?

Yaong mga itinalaga Ko na bilang Aking mga tao ay naiaalay ang kanilang sarili sa Akin at nabubuhay nang nakaayon sa Akin. Mahalaga sila sa Aking paningin, at nagniningning sa pagmamahal para sa Akin sa Aking kaharian. Sa mga tao ng ngayon, sino ang tumutupad sa gayong mga kundisyon? Sino ang nakakapasa ayon sa Aking mga hinihingi? Talaga bang nahihirapan ang tao sa Aking mga hinihingi? Sinasadya Ko bang magsanhi na makagawa siya ng mga pagkakamali? Maluwag Ako sa lahat ng tao, at binibigyan Ko sila ng natatanging pakikitungo. Gayunman, ukol lamang ito sa Aking mga tao sa Tsina. Hindi naman sa minamaliit Ko kayo, ni hindi rin mapaghinala ang pagtingin Ko sa inyo, kundi praktikal Ako at makatotohanan tungo sa inyo. Hindi maiiwasang magdanas ang mga tao ng mga problema sa kanilang buhay, ukol man sa kanilang pamilya o sa mas malawak na mundo. Subalit kaninong paghihirap ba ang naip plano ng sarili nilang kamay? Walang kakayahan ang tao na kilalanin Ako. May kaunti siyang pagkaunawa sa Aking panlabas na anyo, subalit wala siyang alam tungkol sa Aking diwa; hindi niya alam ang mga sangkap ng pagkaing kinakain niya. Sino ang maingat na nakakahiwatig sa Aking puso? Sino ang tunay na nakakaunawa sa Aking kalooban sa Aking presensya? Nang bumaba Ako sa lupa, nalalambungan iyon ng kadiliman at “mahimbing ang tulog” ng tao. Lumalakad Ako sa lahat ng dako, at lahat ng Aking nakikita ay punit-punit at sira-sira at hindi matitiis na tingnan. Ito ay parang handa lamang ang tao na magpakasaya, at walang pagnanais na pansinin ang “mga bagay mula sa labas ng mundo.” Lingid sa kaalaman ng lahat ng tao, sinisiyasat Ko ang buong daigdig, subalit wala Akong makitang puno ng buhay. Agad-agad, nagpapakinang Ako ng liwanag at init at tumitingin sa lupa mula sa ikatlong langit. Bagama’t ang liwanag ay lumalatag sa ibabaw ng lupa at ang init ay kumakalat dito, tila ang liwanag at init lamang ang nagagalak; walang napupukaw ang mga ito sa tao, na natutuwa sa ginhawa. Nang makita Ko ito, agad Kong ipinagkaloob sa tao ang “tungkod” na Aking naihanda. Habang nalalaglag ang tungkod, unti-unting nahahawi ang liwanag at init at nagiging mapanglaw at madilim kaagad ang daigdig—at dahil sa kadiliman, sinusunggaban ng tao ang pagkakataong patuloy na magpakasaya sa kanyang sarili. Ang tao ay may kaunting malabong kamalayan tungkol sa pagdating ng Aking tungkod, ngunit wala siyang reaksiyon, at patuloy siyang nagtatamasa ng kanyang “mga pagpapala sa lupa.” Sumunod, ipinapahayag ng Aking bibig ang pagkastigo sa lahat ng tao, at ang mga tao sa buong sansinukob ay ipinapako sa krus nang patiwari. Kapag dumarating ang Aking pagkastigo, nayayanig ang tao sa ingay ng gumuguhong kabundukan at pinaghihiwa-hiwalay ang lupa, pagkatapos ay nagugulat sa kanyang paggising. Sindak at takot, gusto

niyang tumakbo palayo, ngunit huli na ang lahat. Sa pagbagsak ng Aking pagkastigo, bumababa sa lupa ang Aking kaharian at nagkakapira-piraso ang lahat ng bansa, naglalaho nang walang bakas at walang natitira.

Bawat araw ay pinagmamasdan Ko ang mukha ng sansinukob, at bawat araw ay ginagawa Ko ang Aking bagong gawain sa tao. Subalit lahat ng tao ay abala sa kanilang gawain, at walang sinumang pumapansin sa bilis ng Aking gawain o pumapansin sa kalagayan ng mga bagay-bagay na lampas sa kanilang sarili. Para bang ang mga tao ay nananahan sa isang bagong langit at isang bagong lupa na sarili nilang gawa, at ayaw nilang manghimasok ang iba. Lahat sila ay abala sa gawaing magpakasaya sa kanilang sarili, at humahanga sa kanilang sarili habang ginagawa nila ang kanilang “mga pisikal na ehersisyo.” Talaga bang wala man lamang Akong puwang sa puso ng tao? Talaga bang wala Akong kakayahang maging Pinuno ng puso ng tao? Talaga bang nilisan siya ng espiritu ng tao? Sino ang nakapagnilay-nilay nang mabuti sa mga salitang nagmumula sa Aking bibig? Sino ang nakahiwatig na sa hangarin ng Aking puso? Talaga bang nasakop na ng iba pang bagay ang puso ng tao? Maraming beses na Akong nanawagan sa tao, subalit mayroon na bang nahabag? Mayroon na bang nabuhay sa pagkatao? Maaaring mabuhay ang tao sa laman, ngunit wala siyang pagkatao. Isinilang ba siya sa kaharian ng mga hayop? O siya ba ay isinilang sa langit, at nagtataglay ng pagka-Diyos? Gumagawa Ako ng Aking mga hinihingi sa tao, subalit parang hindi niya nauunawaan ang Aking mga salita, na parang Ako ay isang mahirap lapitang halimaw na dayuhan sa kanya. Napakaraming beses na Akong nadismaya sa tao, napakaraming beses na Akong galit na galit sa kanyang hindi magandang pagganap, at napakaraming beses na Akong naghinanakit sa kanyang kahinaan. Bakit hindi Ko magawang pukawin ang espirituwal na damdamin sa puso ng tao? Bakit hindi Ko magawang bigyan ng inspirasyon ang pagmamahal sa puso ng tao? Bakit ayaw Akong tratuhin ng mga tao bilang katangi-tangi sa kanyang mata? Hindi ba pag-aari ng tao ang kanyang puso? May iba na bang nananahan sa kanyang espiritu? Bakit nananaghoy ang tao nang walang tigil? Bakit siya miserable? Kapag siya ay nalulungkot, bakit ipinagwawalang-bahala niya ang Aking pag-iral? Maaari kayang naduro Ko siya? Maaari kayang sadya Ko siyang pinabayaan?

Sa Aking paningin, ang tao ang namumuno sa lahat ng bagay. Hindi kakatiting ang ibinigay Kong awtoridad sa kanya, na nagtutulot sa kanya na pamahalaan ang lahat ng bagay sa lupa—ang damo sa kabundukan, ang mga hayop sa kagubatan, at ang mga isda sa tubig. Subalit sa halip na maging masaya dahil dito, nabalisa ang tao. Ang buong buhay niya ay may dalamhati at pagmamadali, may sayang idinagdag sa kahungkagan; buong buhay niya ay walang mga bagong imbensyon at likha. Walang sinumang nagagawang ihiwalay ang kanilang sarili mula sa hungkag na buhay na ito, wala pang sinumang nakatuklas ng isang buhay ng may kabuluhan, at wala pang sinumang nakaranas ng tunay na buhay. Bagama’t lahat ng tao ng ngayon ay naninirahan sa ilalim ng Aking nagniningning na liwanag, wala silang alam tungkol sa buhay sa langit. Kung

hindi Ako maawain sa tao at hindi Ko inililigtas ang sangkatauhan, walang katuturan ang pagparito ng lahat ng tao, walang kabuluhan ang kanilang buhay sa lupa, at lilisan sila nang walang katuturan, na walang anumang maipagmamalaki. Alam ng lahat ng tao sa bawat relihiyon, bawat sektor ng lipunan, bawat bansa, at bawat denominasyon ang kahungkagan sa lupa, at lahat sila ay naghahanap sa Akin at naghihintay sa Aking pagbalik—subalit sino ang may kakayahang makilala Ako sa Aking pagdating? Ginawa Ko ang lahat ng bagay, nilikha Ko ang sangkatauhan, at ngayon ay bumaba na Ako sa tao. Gayunman, lumalaban sa Akin ang tao, at naghihiganti sa Akin. Wala bang pakinabang sa tao ang gawaing ginagawa Ko sa kanya? Talaga bang hindi Ko kayang bigyang-kasiyahan ang tao? Bakit Ako tinatanggihan ng tao? Bakit lubhang malamig at walang malasakit ang tao sa Akin? Bakit nababalot ng mga bangkay ang lupa? Ito ba talaga ang kalagayan ng mundo na Aking ginawa para sa tao? Bakit Ko nabigyan ang tao ng walang kapantay na mga kayamanan, subalit mga kamay na walang laman ang iniaalay niya sa Akin? Bakit hindi Ako tunay na minamahal ng tao? Bakit hindi siya humaharap sa Akin kailanman? Talaga bang nabalewala ang lahat ng Aking salita? Naglaho bang parang init mula sa tubig ang Aking mga salita? Bakit ayaw makipagtulungan sa Akin ng tao? Talaga bang ang pagdating ng Aking araw ang sandali ng kamatayan ng tao? Talaga bang maaari Kong wasakin ang tao sa panahong binubuo ang Aking kaharian? Sa panahon ng Aking buong plano ng pamamahala, bakit wala ni isang nakaintindi sa Aking mga layon? Sa halip na mahalín ang mga pagbigkas ng Aking bibig, bakit kinasusuklaman at tinatanggihan ng mga tao ang mga ito? Wala Akong kinokondenang sinuman, kundi pinababalik Ko lamang ang kahinahunan ng mga tao at isinasagawa ang gawaing pagmuni-muni.

Marso 27, 1992

Magalak Kayong Lahat na mga Tao!

Sa Aking liwanag, muling nakikita ng mga tao ang liwanag. Sa Aking salita, natatagpuan ng mga tao ang mga bagay na tinatamasa nila. Nagmula Ako sa Silangan, tumatawag Ako mula sa Silangan. Kapag nagliliwanag ang Aking kaluwalhatian, lahat ng bansa ay naliliwanagan, lahat ay nadadala sa liwanag, wala ni isa mang bagay ang nananatili sa kadiliman. Sa kaharian, ang buhay na ipinamumuhay ng mga tao ng Diyos sa Kanyang piling ay walang kapantay ang saya. Sumasayaw sa tuwa ang mga tubig sa pinagpalang buhay ng mga tao, nagagalak ang mga kabundukan sa Aking kasaganaan kasama ng mga tao. Lahat ng tao ay nagpupunyagi, nagtatrabaho nang husto, nagpapakita ng kanilang katapatan sa Aking kaharian. Sa kaharian, wala nang pagiging suwail, wala nang paglaban; umaasa ang kalangitan at ang lupa sa isa't isa, nagkakalapit Ako at ang sangkatauhan na may malalim na damdamin, sa pamamagitan

ng matatamis na kagalakan ng buhay, na nakasandig sa isa't isa.... Sa panahong ito, pormal Kong sinisimulan ang Aking buhay sa langit. Wala na ang panggugulo ni Satanas, at nagsisimula nang magpahinga ang mga tao. Sa buong sansinukob, ang Aking hinirang na mga tao ay nabubuhay sa loob ng Aking kaluwalhatian, pinagpapala nang walang katulad, hindi bilang mga taong nabubuhay sa piling ng mga tao, kundi bilang mga taong nabubuhay sa piling ng Diyos. Napagdaanan na ng buong sangkatauhan ang katiwalian ni Satanas, at natikman na ang pait at tamis ng buhay hanggang sa latak. Ngayon, habang nabubuhay sa Aking liwanag, paanong hindi magagalak ang isang tao? Paanong basta na lamang babalewalain ng isang tao ang magandang sandaling ito at palalagpasin ito? Kayong mga Tao! Kantahin ang awit sa inyong puso at sumayaw nang buong kagalakan para sa Akin! Itaas ang inyong pusong tapat at ialay ang mga ito sa Akin! Paluin ang inyong mga tambol at masayang tumugtog para sa Akin! Pinagniningning Ko ang Aking kasiyahan sa buong sansinukob! Inihahayag Ko sa mga tao ang Aking maluwalhating mukha! Mananawagan Ako sa malakas na tinig! Lalagpasan Ko ang sansinukob! Naghahari na Ako sa gitna ng mga tao! Dinadakila Ako ng mga tao! Tinatangay Ako sa bughaw na kalangitan sa itaas at lumalakad ang mga tao na kasama Ko. Naglalakad Ako kasama ng mga tao at nakapaligid sa Akin ang Aking mga tao! Masayang-masaya ang puso ng mga tao, niyayanig ng kanilang mga awit ang sansinukob, at binabasag ang kaitaasan! Hindi na nasusukluban ng ulap ang sansinukob; wala nang naiipong putik at dumi sa imburnal. Mga banal na tao ng sansinukob! Sa ilalim ng Aking pagsusuri ipinapakita ninyo ang inyong tunay na mukha. Hindi kayo mga taong natatakpan ng dumi, kundi mga santo na kasing-puro ng jade, kayong lahat ay Aking pinakamamahal, kayong lahat ay Aking kasiyahan! Lahat ng bagay ay muling nabubuhay! Lahat ng santo ay bumalik upang paglingkuran Ako sa langit, tumatanggap sa Aking mainit na yakap, hindi na luhaan, hindi na balisa, inaalay ang kanilang sarili sa Akin, bumabalik sa Aking tahanan, at sa kanilang bayang-tinubuan mamahalin nila Ako nang walang humpay! Hindi nagbabago sa buong kawalang-hanggan! Nasaan ang kalungkutan! Nasaan ang mga luha! Nasaan ang laman! Lumilipas ang mundo, ngunit ang mga kalangitan ay magpakailanman. Nagpapakita Ako sa lahat ng tao, at lahat ng tao ay pinupuri Ako. Ang buhay na ito, ang kagandahang ito, noon pa mang unang panahon hanggang sa katapusan ng panahon ay hindi magbabago. Ito ang buhay ng kaharian.

Kabanata 26

Sino ang nakapanahan na sa Aking tahanan? Sino ang nakapanindigan na para sa Aking kapakanan? Sino ang nakapagdusa na alang-alang sa Akin? Sino ang nangako na ng kanyang salita sa Aking harapan? Sino ang nakasunod na sa Akin hanggang sa kasalukuyan subalit hindi pa nawalan ng malasakit? Bakit malamig at

walang pakiramdam ang lahat ng tao? Bakit tinalikuran na Ako ng sangkatauhan? Bakit nainip sa Akin ang sangkatauhan? Bakit walang sigla sa mundo ng tao? Habang nasa Sion, natikman Ko ang siglang nasa langit, at habang nasa Sion natamasa Ko ang pagpapalang nasa langit. Muli, nabuhay Ako sa gitna ng sangkatauhan, natikman Ko ang kapaitan sa mundo ng tao, at nakita Ko sa sarili Kong mga mata ang lahat ng iba't ibang kalagayang umiiral sa mga tao. Hindi namamalayan, nagbago na ang tao nang Ako ay “magbago,” at sa ganitong paraan lamang siya nakarating sa araw na ito. Hindi Ko hinihiling na magawa ng tao ang anumang bagay alang-alang sa Akin, ni hindi Ko hinihiling na magpaunlad siya para sa Akin. Nais Ko lamang siyang makakilos alinsunod sa Aking plano, at hindi sumuway sa Akin o maging tanda ng kahihiyan sa Akin, kundi magbahagi ng matunog na patotoo sa Akin. Sa mga tao, mayroong mga nagbahagi ng magandang patotoo sa Akin at niluwalhati ang Aking pangalan, ngunit paano posibleng mapapalugod ng mga pagsasagawa o pag-uugali ng tao ang Aking puso? Paano siya posibleng makakaayon sa Aking puso o magpapalugod sa Aking kalooban? Sa kabundukan at katubigan sa lupa, at mga bulaklak, damo, at puno sa lupa, lahat ay nagpapakita ng gawa ng Aking mga kamay, lahat ay umiiral para sa Aking pangalan. Subalit bakit hindi maabot ng tao ang pamantayan ng Aking hinihingi? Dahil kaya ito sa kanyang kahiya-hiyang kaabahan? Dahil kaya ito sa Aking pagdakila sa kanya? Dahil kaya napakalupit Ko sa kanya? Bakit laging takot ang tao sa Aking mga hinihingi? Ngayon, sa gitna ng napakaraming tao sa kaharian, bakit nakikinig lamang kayo sa Aking tinig ngunit ayaw ninyong makita ang Aking mukha? Bakit tinitingnan lamang ninyo ang Aking mga salita nang hindi itinatugma ang mga ito sa Aking Espiritu? Bakit ninyo Ako inihihiwalay nang gayon, sa langit at sa lupa? Maaari kayang Ako, kapag nasa lupa, ay hindi kapareho ng kapag Ako ay nasa langit? Maaari kayang Ako, kapag nasa langit, ay hindi makakababa sa lupa? Maaari kayang Ako, kapag nasa lupa, ay hindi karapat-dapat na madala sa langit? Parang Ako, kapag nasa lupa, ay isang abang nilalang, na parang Ako, kapag nasa langit, ay isang dinakilang nilalang, at parang mayroong nakapagitan sa langit at sa lupa na isang di-matutulayang bangin. Subalit sa mundo ng tao ay parang wala silang alam sa mga pinagmulan ng mga bagay na ito, ngunit palagi Akong sinasalungat, na para bang may tunog lamang ang Aking mga salita ngunit walang kahulugan. Buong sangkatauhan ay nagsisikap sa Aking mga salita, nagsasagawa ng sarili nilang mga pagsisiyasat sa Aking panlabas na hitsura, ngunit lahat sila ay nabibigo, walang ibinubunga ang kanilang mga pagsisikap, at sa halip ay pinababagsak ng Aking mga salita at hindi na nangangahas na tumayong muli.

Kapag sinusubok Ko ang pananampalataya ng sangkatauhan, wala ni isang taong nagbabahagi ng tunay na patotoo, wala ni isang may kakayahang mag-alay ng kanyang lahat-lahat; sa halip, patuloy na nagtatago ang tao at tumatangging buksan ang kanyang sarili, na para bang sasaklutin Ko ang kanyang puso. Kahit si Job ay hindi kailanman tunay na nanindigan sa oras ng kanyang pagsubok, ni hindi siya nakitaan ng giliw sa gitna ng pagdurusa. Lahat ng tao ay naglalabas ng bahagyang pahiwatig ng luntian sa

init ng tagsibol; hindi sila nanatiling luntian kailanman sa malalamig na buga ng taglamig. Sa kanyang mabuto at payat na tindig, hindi matupad ng tao ang Aking layunin. Sa buong sangkatauhan, walang sinumang maaaring magsilbing isang huwaran para sa iba, dahil lahat ng tao una sa lahat ay magkakapareho at hindi nagkakaiba sa isa't isa, na may kakaunting pagkakaiba para matukoy sila sa isa't isa. Dahil dito, kahit ngayon ay hindi pa rin lubusang nalalaman ng mga tao ang Aking mga gawa. Kapag sumasapit ang Aking pagkastigo sa buong sangkatauhan, nang hindi nila mismo alam, saka lamang sila nagkakaroon ng kamalayan sa Aking mga gawa, at kung hindi Ko ginawa ang anumang bagay o pinilit ang sinuman, makikilala Ako ng mga tao, at sa gayon ay masasaksihan nila ang Aking mga gawa. Ito ang Aking plano, ito ang aspeto ng Aking mga gawa na ipinapakita, at ito ang dapat malaman ng tao. Sa kaharian, ang napakaraming bagay na nilikha ay nagsisimulang muling mabuhay at mabawi ang kanilang lakas sa buhay. Dahil sa mga pagbabago sa kalagayan ng daigdig, ang mga hangganan sa pagitan ng isang lupain at ng isa pa ay nagsisimula ring gumalaw. Nagpropesiya na Ako na kapag ang lupain ay nahiwalay sa lupain, at ang lupain ay sumama sa lupain, ito ang panahon na dudurugin Ko ang mga bansa nang pira-piraso. Sa panahong ito, paninibaguhin Ko ang lahat ng nilikha at hahati-hatiing muli ang buong sansinukob, sa gayon ay maisasaayos ang sansinukob at ang luma ay magiging bago—ito ang Aking plano at ito ang Aking mga gawa. Kapag bumalik na lahat ang mga bansa at mga tao sa mundo sa harap ng Aking luklukan, kukunin Ko ang lahat ng kasaganaan ng langit at ibibigay ito sa mundo ng tao, upang, dahil sa Akin, ang mundong iyon ay mapuno ng walang-kapantay na kasaganaan. Ngunit hangga't patuloy na umiiral ang lumang mundo, ipupukol Ko ang Aking galit sa mga bansa nito, hayagang ipapahayag ang Aking mga atas administratibo sa buong sansinukob, at kakastiguhin ang sinumang lumalabag sa mga ito:

Kapag ibinabaling Ko ang Aking mukha sa sansinukob upang magsalita, naririnig ng buong sangkatauhan ang Aking tinig, at pagkatapos ay nakikita ang lahat ng Aking nagawa sa buong sansinukob. Yaong mga lumalaban sa Aking kalooban, ibig sabihin, yaong mga kumontra sa Akin sa mga gawa ng tao, ay sasailalim sa Aking pagkastigo. Kukunin Ko ang napakaraming bituin sa kalangitan at paninibaguhin ang mga ito, at dahil sa Akin, ang araw at ang buwan ay mapapanibago—ang kalangitan ay hindi na magiging gaya ng dati at ang napakaraming bagay sa lupa ay mapapanibago. Lahat ay magiging ganap sa pamamagitan ng Aking mga salita. Ang maraming bansa sa loob ng sansinukob ay muling hahati-hatiin at papalitan ng Aking kaharian, kaya ang mga bansa sa ibabaw ng lupa ay maglalaho magpakailanman at lahat ay magiging isang kaharian na sumasamba sa Akin; lahat ng bansa sa lupa ay mawawasak at titigil sa pag-iral. Sa mga tao sa loob ng sansinukob, lahat ng nabibilang sa diyablo ay lilipulin, at lahat ng sumasamba kay Satanas ay isasadlak sa Aking naglalagablab na apoy—ibig sabihin, maliban doon sa mga sumusunod sa agos, lahat ay magiging abo. Kapag kinakastigo Ko ang maraming tao, yaong mga nasa relihiyosong mundo, sa iba't ibang lawak, ay

babalik sa Aking kaharian, na nalupig ng Aking mga gawa, dahil nakita na nila ang pagdating ng Banal na nakasakay sa isang puting ulap. Lahat ng tao ay paghihiwalayin ayon sa sarili nilang uri, at tatanggap ng mga pagkastigo na nararapat sa kanilang mga kilos. Lahat ng kumalaban sa Akin ay masasawi; yaon namang mga hindi Ako kasali sa kanilang mga gawa sa lupa, sila, dahil sa paraan ng pagpapawalang-sala nila sa kanilang sarili, ay patuloy na iiral sa lupa sa ilalim ng pamamahala ng Aking mga anak at Aking mga tao. Ihahayag Ko ang Aking sarili sa napakaraming tao at sa napakaraming bansa, at sa sarili Kong tinig, maririnig Ako sa ibabaw ng lupa, na ipinapahayag ang pagkumpleto ng Aking dakilang gawain para makita ng buong sangkatauhan sa sarili nilang mga mata.

Habang lumalakas ang Aking tinig, pinagmamasdan Ko rin ang kalagayan ng sansinukob. Sa pamamagitan ng Aking mga salita, nababagong lahat ang napakaraming bagay na nilikha. Nagbabago ang langit, gayundin ang lupa. Ang sangkatauhan ay inilalantad sa orihinal na anyo nito at, dahan-dahan, bawat tao ay nakahiwalay ayon sa kanilang uri, at nahahanap ang kanilang landas nang hindi namamalayan pabalik sa sinapupunan ng kanilang pamilya. Lubha itong makalulugod sa Akin. Malaya Ako sa pagkagambala at, hindi halata, naisasakatuparan ang Aking dakilang gawain, at binabagong lahat ang napakaraming bagay na nilikha. Nang likhain Ko ang mundo, ginawa Ko ang lahat ng bagay ayon sa kanilang uri, na isinasama ang lahat ng bagay na magkakapareho ang anyo sa kauri ng mga ito. Habang nalalapit ang pagtatapos ng Aking plano ng pamamahala, ipanunumbalik Ko ang dating kalagayan ng paglikha; ipanunumbalik Ko ang lahat ng bagay sa orihinal nitong ayos, na gumagawa ng malaking pagbabago sa lahat ng bagay, upang lahat ng bagay ay mabalik sa pinagmulan ng Aking plano. Dumating na ang panahon! Ang huling yugto ng Aking plano ay malapit nang matupad. Ah, maruming lumang mundo! Tiyak na sasailalim ka sa Aking mga salita! Tiyak na mawawalan ka ng halaga ayon sa Aking plano! Ah, ang napakaraming bagay ng paglikha! Magtatamo kayong lahat ng bagong buhay ayon sa Aking mga salita—mapapasainyo ang inyong Panginoong makapangyarihan sa lahat! Ah, dalisay at walang-bahid dungis na bagong mundo! Tiyak na muli kang mabubuhay sa loob ng Aking kaluwalhatian! Ah, Bundok ng Sion! Huwag nang manahimik—nakabalik na Ako nang matagumpay! Mula sa gitna ng paglikha, sinisiyasat Ko ang buong daigdig. Sa lupa, nagsimula na ng bagong buhay at nagkamit na ng bagong pag-asa ang sangkatauhan. Ah, Aking mga tao! Paanong hindi kayo muling mabubuhay sa loob ng Aking liwanag? Paanong hindi kayo magtatalunan sa galak sa ilalim ng Aking patnubay? Nagsisigawan sa saya ang mga lupain, namamaos sa masayang paghalakhak ang katubigan! Ah, ang nabuhay na mag-uling Israel! Paanong hindi ka magmamalaki dahil sa Aking itinakdang hantungan? Sino ang napaiyak? Sino ang napahagulgol? Ang dating Israel ay nawala na, at ang Israel sa ngayon ay nagbangon na, nang tuwid at matayog sa mundo, at nakatayo sa puso ng buong sangkatauhan. Tiyak na matatamo ng Israel ngayon ang pinagmumulan ng pag-iral sa pamamagitan ng

Aking mga tao! Ah, kasuklam-suklam na Ehipto! Siguro naman ay hindi ka na laban sa Akin? Paano mo nagagawang samantalahin ang Aking awa at sinusubukang takasan ang Aking pagkastigo? Paanong hindi ka makairal sa loob ng Aking pagkastigo? Lahat ng Aking minamahal ay tiyak na mabubuhay nang walang hanggan, at lahat ng laban sa Akin ay tiyak na kakastiguhin Ko nang walang hanggan. Sapagkat Ako ay isang mapanibughuing Diyos at hindi Ko basta patatawarin ang mga tao sa lahat ng kanilang nagawa. Babantayan Ko ang buong daigdig at, habang nagpapakita sa Silangan ng mundo nang may katuwiran, kamahalan, poot, at pagkastigo, ihahayag Ko ang Aking sarili sa napakaraming hukbo ng sangkatauhan!

Marso 29, 1992

Kabanata 27

Hindi kailanman naantig ng pag-uugali ng tao ang Aking puso, ni hindi Ko kailanman naisip na mahalaga ito. Sa mga mata ng tao, lagi Akong mahigpit sa kanya, at lagi Akong gumagamit ng awtoridad sa kanya. Sa lahat ng kilos ng tao, halos walang anumang nagagawa para sa Aking kapakanan, halos walang anumang naninindigan sa Aking harapan. Sa bandang huli, babagsak nang tahimik sa Aking harapan ang lahat ng bagay na nauukol sa tao; ipinamamalas Ko lamang ang Aking mga kilos pagkatapos niyon, kaya nakikilala Ako ng lahat sa pamamagitan ng sarili nilang kabiguan. Ang likas na pagkatao ng tao ay nananatiling hindi nagbabago. Ang nasa puso nila ay hindi alinsunod sa Aking kalooban—hindi iyon ang kailangan Ko. Ang kinamumuhian Ko sa lahat ay ang katigasan ng ulo at pagbalik sa dating gawi ng tao, ngunit anong puwersa ang nag-uudyok sa sangkatauhan na patuloy na mabigong makilala Ako, na lagi Akong layuan, at hindi kailanman kumikilos ayon sa Aking kalooban sa Aking harapan kundi sa halip ay nilalabanan Ako pagtalikod Ko? Ito ba ang kanilang katapatan? Ito ba ang pagmamahal nila para sa Akin? Bakit hindi sila makapagsisi at maisilang na muli? Bakit handang mamuhay ang mga tao sa latian magpakailanman sa halip na sa isang lugar na hindi maputik? Naging masama kaya ang naging pagtrato Ko sa kanila? Mali kaya ang direksyong naituro Ko sa kanila? Inaakay Ko kaya sila sa impiyerno? Lahat ay handang manirahan sa “impiyerno.” Kapag dumarating ang liwanag, dagling nabubulag ang kanilang mga mata, dahil lahat ng bagay na nasa kanilang kalooban ay nagmumula sa impiyerno. Subalit walang alam ang mga tao tungkol dito, at nagtatamasa lamang ng mga “pagpapala ng impiyerno.” Hinahapit pa nila ang mga ito sa kanilang dibdib bilang mga kayamanan, sa takot na baka agawin Ko ang mga kayamanang ito, kaya naiwan silang walang “pinagmulan ng kanilang buhay.” Takot ang mga tao sa Akin, kaya nga, kapag pumaparito Ako sa lupa, nananatili silang malayo sa Akin, sapagkat ayaw nilang “maghatid ng problema sa sarili nila,” kundi sa halip ay nais nilang mapanatili ang

pagkakasundo sa kanilang pamilya upang magtamasa sila ng “kaligayahan sa lupa.” Ngunit hindi Ko mapapayagan ang sangkatauhan na gawin ang gusto nila, yamang ang pagwasak sa pamilya ng tao ang mismong dahilan kaya Ako narito. Mula nang dumating Ako, nawala ang kapayapaan sa kanilang tahanan. Balak Kong durugin ang lahat ng bansa sa maliliit na piraso, pati na ang pamilya ng tao. Sino ang makakatakas sa Aking pagdakma? Maaari kayang makatakas yaong mga tumatanggap ng mga pagpapala dahil sa kanilang pag-ayaw? Maaari kayang matamo ng mga nagdaranas ng pagkastigo ang Aking pagdamay dahil sa kanilang takot? Sa lahat ng Aking salita, nakita na ng mga tao ang Aking kalooban at Aking mga kilos, ngunit sino ang makakahulagpos kailanman sa gusot ng sarili nilang mga kaisipan? Sino ang makakahanap ng paraan kailanman para makalabas mula sa loob o labas ng Aking mga salita?

Naranasan na ng mga tao ang Aking kagiliwan, taimtim na Akong pinaglingkuran ng tao, at taimtim nang nagpasakop ang tao sa Aking harapan, na ginagawa ang lahat para sa Akin sa Aking presensya. Subalit hindi ito magawa ng mga tao ngayon; wala silang ginagawa kundi manangis sa kanilang espiritu na para bang naagaw sila ng isang gutom na lobo, at nakakatingin lamang sila sa Akin na walang magawa, na walang-tigil na nananawagan sa Akin. Ngunit sa huli, hindi nila matakasan ang kanilang masamang kalagayan. Naaalala Ko kung paano nangako ang mga tao noong araw sa Aking presensya, na sumusumpa sa langit at lupa sa Aking presensya upang suklian ng kanilang pagmamahal ang Aking kabaitan. Malungkot silang nanangis sa Aking harapan, at ang tunog ng kanilang mga pagtangis ay nakakadurog ng puso, mahirap tiisin. Dahil sa kanilang matibay na pagpapasiya, madalas Kong tulungan ang sangkatauhan. Sa maraming pagkakataon, humarap sa Akin ang mga tao upang magpasakop sa Akin, at mahirap kalimutan ang kanilang kaibig-ibig na paraan. Sa maraming pagkakataon, minahal na nila Ako, na may matibay na katapatan, kahanga-hanga ang kanilang kasigasigan. Sa maraming pagkakataon, minahal na nila Ako hanggang sa punto na isakripisyo nila ang buhay nila mismo, minahal na nila Ako nang higit sa kanilang sarili—at nang makita Ko ang kanilang katapatan, tinanggap Ko na ang kanilang pagmamahal. Sa maraming pagkakataon, inialay na nila ang kanilang sarili sa Aking presensya, alang-alang sa Akin ay hindi sila nabahala sa harap ng kamatayan, at pinalis Ko ang pag-aalala sa kanilang mukha at maingat Kong sinuri ang kanilang kalagayan. Maraming pagkakataon Ko na silang minahal na parang isang natatanging kayamanan, at maraming pagkakataon Ko na silang kinamuhian bilang sarili Kong kaaway. Gayunpaman, hindi pa rin naaarok ng tao ang nasa Aking isipan. Kapag nalulungkot ang mga tao, dumarating Ako upang aliwin sila, at kapag mahina sila, dumarating Ako upang tulungan sila. Kapag naliligaw sila, binibigyan Ko sila ng direksyon. Kapag nananangis sila, pinupunasan Ko ang kanilang mga luha. Ngunit kapag nalulungkot Ako, sino ang makakaaliw sa Akin nang taos-puso? Kapag labis Akong nag-aalala, sino ang nagsasaalang-alang sa Aking damdamin? Kapag nalulungkot Ako, sino ang makakapawi sa sugatan Kong puso? Kapag kailangan Ko

ang isang tao, sino ang nagkukusang tumulong sa Akin? Maaari kayang nawala na ang dating saloobin sa Akin ng mga tao, at hindi na ito mabalik kailanman? Bakit wala nang anumang natitira nito sa kanilang alaala? Paano nalimutan ng mga tao ang lahat ng bagay na ito? Hindi kaya lahat ng ito ay dahil ginawang tiwali ng kanyang kaaway ang sangkatauhan?

Kapag ang mga anghel ay tumutugtog ng musika ng papuri sa Akin, hindi nito mapigilang pukawin ang Aking awa sa tao. Biglang napupuspos ng kalungkutan ang puso Ko, at imposibleng mapawi Ko sa Aking sarili ang masakit na damdaming ito. Sa mga kagalakan at kalungkutan ng mahiwalay at pagkatapos ay makasamang muli ang tao, hindi namin nagawang magpalitan ng mga damdamin. Magkabukod sa langit sa itaas at sa lupa sa ibaba, bihira Kong makatagpo ang tao. Sino ang makakahulagpos sa paggunita sa mga dating damdamin? Sino ang makakapigil sa pag-alaala sa nakaraan? Sino ang hindi aasam sa pagpapatuloy ng mga damdamin ng nakaraan? Sino ang hindi mananabik sa Aking pagbalik? Sino ang hindi aasam na makasama Akong muli ng tao? Labis na nababagabag ang puso Ko, at labis na nag-aalala ang espiritu ng tao. Bagama't magkapareho sa espiritu, hindi kami maaaring magkasama nang madalas, at hindi namin makikita nang madalas ang isa't isa. Sa gayon ay puno ng dalamhati at walang sigla ang buhay ng buong sangkatauhan, sapagkat lagi nang nananabik ang tao sa Akin. Para bang ang mga tao ay mga bagay na bumagsak mula sa langit; isinisigaw nila ang Aking pangalan sa lupa, tumitingala sila sa Akin mula sa lupa—ngunit paano nila matatakan ang mga panga ng gutom na gutom na lobo? Paano sila makakahulagpos mula sa mga banta at panunukso nito? Paanong hindi isasakripisyo ng mga tao ang kanilang sarili dahil sa pagsunod sa pagkakaayos ng Aking plano? Kapag malakas silang nagmamakaawa, inilalayo Ko ang Aking tingin mula sa kanila, hindi Ko na matiis na tingnan pa sila; ngunit paanong hindi Ko maririnig ang kanilang mga pag-iyak? Itatama Ko ang mga kawalang-katarungan sa mundo ng tao. Gagawin Ko mismo ang Aking gawain sa buong mundo, pagbabawalan Ko si Satanas na muling saktan ang Aking mga tao, pagbabawalan Ko ang mga kaaway na muling gawin ang anumang gusto nila. Magiging Hari Ako sa lupa at ililipat Ko ang Aking luklukan doon, papangyayarihin Kong magpatirapa sa lupa ang lahat ng kaaway Ko at paaaminin Ko sa mga krimen nila sa Aking harapan. Sa Aking kalungkutan, na may kahalang galit, tatapakan Ko ang buong sansinukob, na wala ni isang matitira, at sisindakin Ko ang puso ng Aking mga kaaway. Paguguhuin Ko ang buong mundo, at pababagsakin Ko ang Aking mga kaaway sa mga guho, upang mula ngayon ay hindi na nila magawang tiwali ang sangkatauhan. Buo na ang Aking plano, at hindi ito dapat baguhin ng sinuman, maging sino man sila. Habang naglilibot Ako sa maringal na seremonya sa ibabaw ng sansinukob, gagawing bago ang buong sangkatauhan, at lahat ay bubuhaying muli. Hindi na iiyak ang tao, hindi na sila hihingi ng tulong sa Akin. Sa gayon ay magagalak ang Aking puso, at babalik ang mga tao upang ipagdiwang Ako. Magbubunyi ang buong sansinukob, mula itaas hanggang ibaba, dahil sa kagalakan ...

Ngayon, sa mga bansa ng mundo, ginagawa Ko ang gawaing naitakda Kong isakatuparan. Naglilibot Ako sa gitna ng sangkatauhan, ginagawa Ko ang lahat ng gawain sa loob ng Aking plano, at pinagwawatak-watak ng buong sangkatauhan ang iba't ibang bansa ayon sa Aking kalooban. Nakatutok ang pansin ng mga tao sa lupa sa sarili nilang hantungan, sapagkat tunay ngang papalapit na ang araw at hinihipan ng mga anghel ang kanilang trumpeta. Hindi na magkakaroon ng mga pagkaantala, at dahil doon ay magsisimulang magsayawan sa galak ang lahat ng nilikha. Sino ang makapagpapalawig nang kusa sa Aking araw? Isang taga-lupa? O ang mga bituin sa himpapawid? O ang mga anghel? Kapag Ako ay gumagawa ng isang pahayag upang simulan ang pagliligtas sa mga tao ng Israel, nalalapit na ang araw Ko sa buong sangkatauhan. Kinatatakutan ng bawat tao ang pagbalik ng Israel. Kapag nagbalik ang Israel, iyon ang magiging araw ng Aking kaluwalhatian, at sa gayon, iyon din ang magiging araw kung kailan lahat ng bagay ay nagbabago at napapanibago. Sa napipintong pagdating ng matuwid na paghatol sa buong sansinukob, pinanghihinaan ng loob at natatakot ang lahat ng tao, dahil sa mundo ng tao, wala pang nakarinig tungkol sa katuwiran. Kapag nagpakita ang Araw ng katuwiran, magliliwanag ang Silangan, at pagkatapos ay liliwanagan nito ang buong sansinukob, na umaabot sa lahat. Kung talagang maisasagawa ng tao ang Aking katuwiran, ano ang dapat ikatakot? Hinihintay ng Aking mga tao ang pagsapit ng araw Ko, inaasam nilang lahat ang pagdating ng araw Ko. Hinihintay nila Akong maghiganti sa buong sangkatauhan at planuhin ang hantungan ng sangkatauhan sa Aking papel bilang Araw ng katuwiran. Nagkakahugis ang Aking kaharian sa ibabaw ng buong sansinukob, at sinasakop ng Aking luklukan ang puso ng milyun-milyong tao. Sa tulong ng mga anghel, malapit nang magtagumpay ang Aking dakilang gawain. Sabik na hinihintay ng lahat ng Aking mga anak at Aking mga tao ang Aking pagbalik, inaasam na muli nila Akong makasama, upang hindi na muling magkahiwalay kailanman. Paanong hindi mag-uunahan ang napakaraming tao ng Aking kaharian patungo sa isa't isa sa masayang pagdiriwang dahil makakasama nila Akong muli? Isa kaya itong muling pagsasama na hindi kailangang tumbasan ng anumang halaga? Ako ay marangal sa mga mata ng lahat ng tao, ipinahahayag Ako sa mga salita ng lahat. Bukod pa ryan, sa Aking pagbalik, lulupigin Ko ang lahat ng puwersa ng kaaway. Dumating na ang panahon! Pakikilusin Ko ang Aking gawain, mamamahala Ako bilang Hari sa gitna ng mga tao! Pabalik na Ako! At paalis na Ako! Ito ang inaasam ng lahat, ito ang kanilang nais. Ipamamalas Ko sa buong sangkatauhan ang pagsapit ng Aking araw, at sasalubungin nilang lahat ang pagdating ng Aking araw nang may kagalakan!

Abril 2, 1992

Kabanata 28

Nang dumating Ako mula sa Sion, hinintay Ako ng lahat ng bagay, at nang bumalik Ako sa Sion, binati Ako ng lahat ng tao. Nang dumating Ako at bumalik, ang Aking mga hakbang ay hindi kailanman hinadlangan ng mga bagay na salungat sa Akin, at mula noon ay sumulong nang maayos ang Aking gawain. Ngayon, kapag dumarating Ako sa lahat ng nilalang, sinasalubong Ako ng katahimikan ng lahat ng bagay, na lubhang natatakot na muli Akong lumisan at sa gayon ay mawawala sa kanila yaong inaasahan nilang suporta. Sinusunod ng lahat ng bagay ang Aking patnubay, at minamatyagan ng lahat ang direksyong itinuturo ng Aking kamay. Ang mga salitang nagmumula sa Aking bibig ay ginawang perpekto ang maraming nilalang at kinastigo ang maraming anak ng pagsuway. Sa gayon, lahat ng tao ay nakatitig na mabuti sa Aking mga salita, at nakikinig nang husto sa mga pahayag mula sa Aking bibig, at takot na takot na lumampas ang magandang pagkakataong ito. Dahil dito kaya Ako patuloy na nagsasalita, upang maisakatuparan nang mas mabilis ang Aking gawain, at upang lumitaw nang mas maaga ang nakalulugod na mga kundisyon sa mundo at lunasan ang mga tagpo ng kapanglawan sa daigdig. Kapag tumitingin Ako sa kalangitan, iyon ang pagkakataon na minsan Ko pang haharapin ang sangkatauhan; lahat ng lupain ay mapupuno kaagad ng sigla, wala nang alikabok sa hangin, at hindi na nababalot ng putik ang lupa. Magniningning kaagad ang Aking mga mata, kaya titingalain Ako ng mga tao sa lahat ng lupain at kakanlong sa Akin. Sa mga tao sa mundo ngayon—kabilang na ang lahat ng nasa Aking sambahayan—sino ang tunay na kumakanlong sa Akin? Sino ang nagbibigay ng kanilang puso bilang kapalit ng halaga na Aking nabayaran? Sino ang nakatahan na nang payapa sa loob ng Aking sambahayan? Sino ang tunay na nag-alay na ng kanilang sarili sa Aking harapan? Kapag may hinihingi Ako sa tao, agad siyang nagsasara ng kanyang “maliit na kamalig.” Kapag nagbibigay Ako sa tao, agad niyang binubuksan ang kanyang bibig upang lihim na kunin ang Aking mga kayamanan, at madalas manginig ang kanyang puso, sa sobrang takot na baka gantiin Ko siya. Kaya ang bibig ng tao ay nakabuka nang bahagya at nakasara nang bahagya, at wala siyang kakayahang tunay na tamasahin ang mga kayamanang ipinagkakaloob Ko. Hindi Ko pinarurusahan kaagad ang tao, subalit lagi niyang hinahatak ang Aking kamay at hinihiling na maawa Ako sa kanya; kapag nagsusumamo sa Akin ang tao, saka lamang Ako muling nagkakaloob ng “awa” sa kanya, at nagbibigay sa kanya ng pinakamabagsik na mga salita ng Aking bibig, kaya agad siyang nahihiya, at, dahil wala siyang kakayahang tanggapin nang tuwiran ang Aking “awa,” sa halip ay hinahayaan niyang ipasa ito sa kanya ng iba. Kapag lubusan na niyang naunawaan ang lahat ng Aking salita, nagiging akma ang tayog ng tao sa mga naisin Ko, at mabunga ang kanyang mga pagsusumamo, at hindi walang kabuluhan o walang saysay; pinagpapala Ko ang mga pagsusumamo ng sangkatauhan na taos-puso, yaong mga hindi pakunwari.

Kumikilos at nagsasalita na Ako sa nakalipas na mga kapanahunan, subalit hindi

pa narinig ng tao kailanman ang mga pahayag na binibigkas Ko ngayon, at hindi pa niya natikman kailanman ang Aking pagiging maharlika at paghatol. Bagama't may narinig nang mga alamat ang ilang tao sa mundo noong araw tungkol sa Akin, wala pang sinumang tunay na nakatuklas sa lawak ng Aking kayamanan. Bagama't naririnig ng mga tao ngayon ang mga salitang nagmumula sa Aking bibig, nananatili silang walang alam kung ilang mga hiwaga ang nasa Aking bibig, at sa gayon ay itinuturing ang Aking bibig na isang kornukopya. Nais ng lahat ng tao na makakuha ng isang bagay mula sa Aking bibig. Mga lihim man ito ng kalagayan, o mga hiwaga ng langit, o mga puwersa ng espirituwal na mundo, o hantungan ng sangkatauhan, gustong matanggap ng lahat ng tao ang gayong mga bagay. Kaya, kung sama-sama Kong titipunin ang mga tao at magbabahagi Ako ng "mga kuwento" sa kanila, agad silang babangon mula sa kanilang "banig ng karamdaman" upang marinig ang Aking daan. Napakaraming kulang sa kalooban ng tao: Hindi lamang "mga suplementong pangkalusugan" ang kanyang kailangan, kundi higit pa ryan, kailangan niya ng "suportang pangkaisipan" at ng "espirituwal na panustos." Ito ang kulang sa lahat ng tao; ito ang "sakit" ng lahat ng tao. Naglalaan Ako ng lunas para sa sakit ng tao upang magkamit ng mas magagandang epekto, para lahat ay maipanumbalik sa kalusugan, at, salamat sa Aking lunas, makabalik sila sa pagiging normal. Talaga bang namumuhi kayo sa malaking pulang dragon? Talaga bang tunay ninyong kinamumuhian ito? Bakit ba napakaraming beses Ko na kayong natanong? Bakit Ko ba palaging itinatanong sa inyo ang bagay na ito, nang paulit-ulit? Anong imahe ng malaking pulang dragon ang nasa inyong puso? Talaga bang naalis na ito? Talaga bang hindi ninyo ito itinuturing na inyong ama? Dapat mahiwatigan ng lahat ng tao ang layunin Ko sa Aking mga tanong. Hindi ito para pukawin ang galit ng mga tao, ni hindi para mag-udyok ng paghihimagsik sa tao, ni hindi para matagpuan ng tao ang kanyang sariling daan palabas, kundi para tulutan ang lahat ng tao na palayain ang kanilang sarili mula sa pagkaalipin sa malaking pulang dragon. Subalit hindi dapat mag-alala ang sinuman. Lahat ay maisasakatuparan sa pamamagitan ng Aking mga salita; walang sinumang tao ang maaaring makibahagi, at walang taong makakagawa ng gawaing Aking isasagawa. Lilinisin Ko ang hangin sa lahat ng lupain at pupuksain Ko ang lahat ng bakas ng mga demonyo sa lupa. Nagsimula na Ako, at uumpisahan Ko ang unang hakbang ng Aking gawain ng pagkastigo sa tirahan ng malaking pulang dragon. Kaya makikita na sumapit na ang Aking pagkastigo sa buong sansinukob, at na ang malaking pulang dragon at lahat ng uri ng mga karumal-dumal na espiritu ay mawawalan ng lakas na takasan ang Aking pagkastigo, sapagkat nakatingin Ako sa lahat ng lupain. Kapag natapos na ang Aking gawain sa lupa, ibig sabihin, kapag nagwakas na ang panahon ng paghatol, pormal Kong kakastiguhin ang malaking pulang dragon. Makikita ng Aking mga tao ang matuwid Kong pagkastigo sa malaking pulang dragon, siguradong magbubuhos sila ng papuri dahil sa Aking pagkamatuwid, at siguradong pupurihin nila ang Aking banal na pangalan magpakailanman dahil sa Aking

pagkamatuwid. Dahil dito ay pormal ninyong gagampanan ang inyong tungkulin, at pormal ninyo Akong pupurihin sa buong lupain, magpakailan pa man!

Kapag ang panahon ng paghatol ay umabot na sa rurok nito, hindi Ko mamadaliin ang pagtapos sa Aking gawain, kundi isasama Ko rito ang katibayan ng panahon ng pagkastigo at tutulutan Kong makita ng lahat ng tao Ko ang katibayang ito; dito lalabas ang mas malaking bunga. Ang katibayang ito ang kaparaanang gagamitin Ko sa pagkastigo sa malaking pulang dragon, at hahayaan Kong mamasdan ito ng Aking mga tao sa sarili nilang mga mata upang mas malaman nila ang Aking disposisyon. Ang panahon na matatamasa Ako ng Aking mga tao ay kapag kinastigo ang malaking pulang dragon. Plano Kong gawing dahilan ito upang magbangon at maghimagsik ang mga tao ng malaking pulang dragon, at ito ang pamamaraang ginagamit Ko upang gawing perpekto ang Aking mga tao, at magandang pagkakataon ito upang lumago sa buhay ang lahat ng tao Ko. Kapag lumitaw ang maliwanag na buwan, agad mababasag ang katahimikan ng gabi. Bagama't pilas-pilas ang buwan, masaya ang tao, at nakaupo nang matiwasay sa ilalim ng liwanag ng buwan, hinahangaan ang magandang tanawin sa liwanag ng buwan. Hindi mailalarawan ng tao ang kanyang mga damdamin; para bang nais niyang alalahanin ang nakaraan, para bang nais niyang asamin ang kinabukasan, para bang nasisiyahan siya sa kasalukuyan. May ngiti sa kanyang mukha, at sa gitna ng nakasisiyang simoy ng hangin ay may tumatagos na sariwang bango; nang magsimulang umihip ang marahang simoy ng hangin, naaamoy ng tao ang mabangong halimuyak, at tila nilasing siya rito, at hindi niya magising ang kanyang sarili. Ito ang mismong oras na personal Akong naparito sa tao, at lalong naamoy ng tao ang mabangong halimuyak, at sa gayon ay nabubuhay ang lahat ng tao sa gitna ng halimuyak na ito. Payapa Ako sa tao, nabubuhay ang tao na kasundo Ko, hindi na siya pasaway sa pagtingin niya sa Akin, hindi Ko na tinatabas ang mga kakulangan ng tao, wala nang pagkabalisa sa mukha ng tao, at wala nang banta ng kamatayan sa buong sangkatauhan. Ngayon, sumusulong Ako na kasabay ng tao patungo sa panahon ng pagkastigo, sumusulong na kasabay siya sa Aking tabi. Ginagawa Ko ang Aking gawain, ibig sabihin, hinahampas Ko ng Aking tungkod ang tao at tumatama ito sa bahaging mapaghimagsik sa tao. Sa mga mata ng tao, tila may kakaibang mga kapangyarihan ang Aking tungkod: Sumasapit ito sa lahat ng Aking kaaway at hindi sila madaling pinatatawad nito; sa lahat ng kumontra sa Akin, ginagampanan ng tungkod ang likas na tungkulin nito; ginagampanan ng lahat ng nasa Aking mga kamay ang kanilang tungkulin ayon sa Aking layunin, at hindi nila nasuway kailanman ang Aking mga naisin o nabago ang kanilang diwa. Dahil dito, raragasa ang mga tubig, guguhon ang mga bundok, maglalaho ang malalaking ilog, magbabago palagi ang tao, lalamlam ang araw, magdidilim ang buwan, wala nang mga panahon na mamumuhay sa kapayapaan ang tao, mawawalan na ng katahimikan sa lupa, hindi na muling mananatiling panatag at tahimik ang kalangitan, at hindi na magtatagal. Mapapanibago ang lahat ng bagay at mababawi ang kanilang orihinal na anyo. Magkakawatak-watak ang lahat ng

sambahayan sa lupa, at mahahati-hati ang lahat ng bansa sa mundo; mawawala na ang mga panahon na magbabalikan ang mag-asawa, hindi na muling magkikita ang ina at anak na lalaki, hindi na kailanman magtatagpo ang ama at anak na babae. Dudurugin Ko ang lahat ng dating nasa lupa. Hindi Ko binibigyan ng pagkakataon ang mga tao na maglabas ng kanilang mga damdamin, sapagkat wala Akong mga damdamin, at natutuhan Kong kamuhian nang sukdulan ang mga damdamin ng mga tao. Dahil sa mga damdamin sa pagitan ng mga tao kaya Ako naitaboy sa isang tabi, at sa gayon ay naging “iba” Ako sa kanilang paningin; dahil sa mga damdamin sa pagitan ng mga tao kaya Ako nakalimutan; dahil sa mga damdamin ng tao kaya niya sinasamantala ang pagkakataong kunin ang kanyang “konsensya”; dahil sa mga damdamin ng tao kaya siya laging nanlulupaypay sa Aking pagkastigo; dahil sa mga damdamin ng tao kaya niya Ako tinatawag na hindi patas at hindi makatarungan, at sinasabing hindi Ko iniintindi ang mga damdamin ng tao sa Aking pamamahala sa mga bagay-bagay. May kamag-anak din ba Ako sa ibabaw ng lupa? Sino, katulad Ko, ang nakapagtrabaho na araw at gabi, na hindi iniisip ang pagkain o pagtulog, para sa kapakanan ng buong plano ng Aking pamamahala? Paanong maikukumpara ang tao sa Diyos? Paanong magiging kaayon ng Diyos ang tao? Paano maaaring maging kauri ng tao, na nilikha, ang Diyos, na lumilikha? Paano Ako maaaring manahan at kumilos na kasama ng tao sa lupa? Sino ang nagmamalasakit sa Aking puso? Ang mga dalangin ba ng tao? Sumang-ayon Akong minsan na sumama sa tao at lumakad na kasabay niya—at oo, hanggang sa araw na ito ay nabubuhay ang tao sa ilalim ng Aking pangangalaga at proteksyon, ngunit may araw pa kayang darating kung kailan maihihiwalay ng tao ang kanyang sarili mula sa Aking pangangalaga? Bagama’t hindi nagmalasakit ang tao sa Aking puso kailanman, sino ang patuloy na mabubuhay sa isang lupain na walang liwanag? Dahil lamang sa Aking mga pagpapala kaya nabubuhay ang tao hanggang ngayon.

Abril 4, 1992

Kabanata 29

Sa araw na muling nabuhay ang lahat ng bagay, pumarito Ako sa piling ng tao, at nakagugol Ako ng kamangha-manghang mga araw at gabi kasama siya. Sa puntong ito lamang nadarama nang kaunti ng tao na madali Akong lapitan, at habang dumadalas ang pakikipag-ugnayan niya sa Akin, nakikita niya ang ilan ng kung ano ang mayroon Ako at kung ano Ako—dahil dito, nagtatamo siya ng kaunting kaalaman tungkol sa Akin. Sa lahat ng tao, nagtataas Ako ng Aking ulo at nagmamasid, at nakikita nila Akong lahat. Subalit kapag sumasapit ang kalamidad sa mundo, agad silang nababalisa, at naglalaho sa kanilang puso ang Aking larawan; takot na takot sa pagsapit ng kalamidad, hindi nila pinapansin ang Aking mga paghimok. Maraming taon Kong nakapiling ang tao, subalit

palaging hindi niya ito namamalayan, at hindi niya Ako nakilala kailanman. Ngayon sinasabi Ko ito sa kanya mula sa sarili Kong bibig, at pinahaharap Ko ang lahat ng tao sa Akin para tumanggap ng isang bagay mula sa Akin, ngunit lumalayo pa rin sila sa Akin, kaya nga hindi nila Ako nakikilala. Kapag tumahak ang Aking mga yapak sa buong sansinukob at sa mga dulo ng daigdig, magsisimulang magnilay-nilay ang tao sa kanyang sarili, at lahat ng tao ay lalapit sa Akin at yuyuko sa Aking harapan at sasambahin Ako. Ito ang araw na magtatamo Ako ng kaluwalhatian, ang araw ng Aking pagbabalik, at ang araw din ng Aking paglisan. Ngayon, sinimulan Ko na ang Aking gawain sa buong sangkatauhan, pormal na Akong nagsimula sa buong sansinukob sa pagwawakas ng Aking plano ng pamamahala. Mula sa sandaling ito, sinumang hindi maingat ay nanganganib na malublob sa gitna ng walang-awang pagkastigo, at maaari itong mangyari anumang sandali. Hindi ito dahil sa wala Akong puso; sa halip, isang hakbang ito ng Aking plano ng pamamahala; kailangang magpatuloy ang lahat ayon sa mga hakbang ng Aking plano, at walang sinuman na maaaring baguhin ito. Kapag pormal Kong sinimulan ang Aking gawain, lahat ng tao ay gagalaw tulad ng Aking paggalaw, kaya mag-aabala ang mga tao sa buong sansinukob sa pagsabay sa Akin, mayroong “kasayahan” sa buong sansinukob, at nauudyukan Kong sumulong ang tao. Dahil dito, nilalatigo Ko ang malaking pulang dragon mismo hanggang sa magdeliryo ito at malito, at nakakatulong ito sa Aking gawain, at, kahit ayaw nito, hindi nito magawang sundin ang sarili nitong mga pagnanasa, kundi wala itong mapagpilian kundi magpasakop sa Aking pamamahala. Sa lahat ng plano Ko, ang malaking pulang dragon ang Aking panghambing, Aking kaaway, at Akin ding alipin; dahil dito, hindi Ko kailanman niluwagan ang Aking “mga kinakailangan” dito. Samakatuwid, ang huling yugto ng gawain ng Aking pagkakatawang-tao ay natatapos sa sambahayan nito. Sa ganitong paraan, mas nakakagawa ng maayos na paglilingkod ang malaking pulang dragon para sa Akin, at sa pamamagitan nito’y lulupigin Ko ito at tatapusin ang Aking plano. Habang gumagawa Ako, lahat ng anghel ay magsisimula sa pangwakas na pakikibaka na kasama Ko at magpapasyang tuparin ang Aking mga naisin sa huling yugto, kaya ang mga tao sa lupa ay susuko sa Aking harapan kagaya ng mga anghel, at mawawalan ng hangaring salungatin Ako, at hindi gagawa ng anumang pagsuway sa Akin. Ito ang mga dinamika ng Aking gawain sa buong sansinukob.

Ang layunin at kabuluhan ng Aking pagdating sa piling ng tao ay para iligtas ang buong sangkatauhan, para ibalik ang buong sangkatauhan sa Aking sambahayan, para pagsamahing muli ang langit at lupa, at para hikayatin ang tao na iparating ang “mga hudyat” sa pagitan ng langit at lupa, sapagkat iyon ang likas na tungkulin ng tao. Sa panahon nang likhain Ko ang sangkatauhan, naihandha Ko na ang lahat ng bagay para sa sangkatauhan, at kalaunan, tinulutan Ko ang sangkatauhan na matanggap, ayon sa Aking mga kinakailangan, ang mga kayamanang ibinigay Ko sa kanya. Kaya naman, sinasabi Ko na nasa ilalim ng Aking patnubay ang narating ng buong sangkatauhan ngayon. At lahat ng ito ay plano Ko. Sa buong sangkatauhan, hindi mabilang ang dami

ng mga taong umiiral sa ilalim ng proteksyon ng Aking pagmamahal, at hindi mabilang ang dami ng namumuhay sa ilalim ng pagkastigo ng Aking poot. Bagama't lahat ng tao ay nagdarasal sa Akin, hindi pa rin nila kayang baguhin ang kasalukuyan nilang kalagayan; kapag nawalan na sila ng pag-asa, maaari lamang nilang hayaang ang likas na takbo ng mga pangyayari at tumigil sa pagsuway sa Akin, sapagkat ito lamang ang magagawa ng tao. Pagdating sa kalagayan ng buhay ng tao, hindi pa natatagpuan ng tao ang tunay na buhay, hindi pa rin niya natatalos ang kawalan ng katarungan, lagim, at miserableng mga kundisyon ng mundo—kaya nga, kung hindi dahil sa pagsapit ng kalamidad, yayakapin pa rin ng karamihan sa mga tao ang Inang Kalikasan, at aabalahan pa rin ang sarili nila sa mga kasarapan ng “buhay.” Hindi ba ito ang realidad ng mundo? Hindi ba ito ang tinig ng kaligtasan na sinasabi Ko sa tao? Bakit, sa sangkatauhan, wala pang tunay na nagmahal sa Akin kailanman? Bakit minamahal lamang Ako ng tao sa gitna ng pagkastigo at mga pagsubok, subalit walang sinumang nagmamahal sa Akin habang nasa ilalim ng Aking proteksyon? Maraming beses Ko nang iginawad ang Aking pagkastigo sa sangkatauhan. Tinitingnan nila ito, ngunit pagkatapos ay hindi nila ito pinapansin, at hindi nila ito pinag-aaralan at pinag-iisipan sa oras na ito, kaya nga lahat ng sumasapit sa tao ay walang-awang paghatol. Isa lamang ito sa Aking mga pamamaraan ng paggawa, ngunit ito ay para baguhin pa rin ang tao at hikayatin siyang mahalín Ako.

Naghahari Ako sa kaharian, at, bukod dito, naghahari Ako sa buong sansinukob; Ako'y kapwa Hari ng kaharian at Pinuno ng sansinukob. Mula sa oras na ito, titipunin Ko ang lahat ng hindi hinirang at sisimulan ang Aking gawain sa mga Hentil, at ibabalita Ko ang Aking mga atas administratibo sa buong sansinukob, upang matagumpay Kong masimulan ang susunod na hakbang ng Aking gawain. Gagamit Ako ng pagkastigo para ipalaganap ang Aking gawain sa mga Hentil, ibig sabihin, gagamit Ako ng puwersa laban sa lahat ng Hentil. Natural, ang gawaing ito ay isasagawa kasabay ng Aking gawain sa mga hinirang. Kapag namumuno at gumagamit ng kapangyarihan sa lupa ang Aking mga tao, iyon din ang araw na lahat ng tao sa lupa ay nalupig na, at, bukod dito, iyon ang panahon na magpapahinga Ako—at saka lamang Ako magpapakita sa lahat ng nalupig na. Nagpapakita Ako sa banal na kaharian, at itinatago ang Aking Sarili mula sa lupain ng karumihan. Lahat ng nalupig na at nagiging masunurin sa Aking harapan ay nakikita ang Aking mukha gamit ang sarili nilang mga mata, at naririnig ang Aking tinig gamit ang sarili nilang mga tainga. Ito ang pagpapala sa mga isinilang sa mga huling araw, ito ang pagpapalang Aking itinadhana, at hindi ito mababago ng sinumang tao. Ngayon, gumagawa Ako sa ganitong paraan alang-alang sa gawain ng kinabukasan. Lahat ng Aking gawain ay magkakaugnay, sa lahat ng ito, may isang panawagan at tugon: Hindi kailanman tumigil nang biglaan ang anumang hakbang, at hindi kailanman na naisakatuparan ang anumang hakbang nang hiwalay sa iba pa. Hindi ba ganoon iyon? Hindi ba ang gawain ng nakalipas ang pundasyon ng gawain ng ngayon? Hindi ba ang mga salita ng nakalipas ang pasimula sa mga salita ngayon? Hindi ba ang mga

hakbang ng nakalipas ang pinagmumulan ng mga hakbang ng ngayon? Kapag pormal Ko nang binuksan ang balumbon, iyon ang panahon kung kailan kakastiguhin ang mga tao sa buong sansinukob, kapag isinailalim ang mga tao sa buong mundo sa mga pagsubok, at ito ang rurok ng Aking gawain; lahat ng tao ay nabubuhay sa isang lupaing walang liwanag, at lahat ng tao ay nabubuhay sa gitna ng mga banta sa kanilang paligid. Sa madaling salita, ito ang buhay na hindi pa kailanman naranasan ng tao mula noong panahon ng paglikha hanggang sa kasalukuyang araw, at walang sinuman sa buong kapanahunan ang “nagtamasa” kailanman ng ganitong uri ng buhay, kaya nga sinasabi Ko na nagawa Ko na ang gawaing hindi pa nagagawa kailanman. Ito ang tunay na kalagayan ng mga pangyayari, at ito ang nakapaloob na kahulugan. Dahil papalapit na ang Aking araw sa buong sangkatauhan, dahil hindi ito malayo sa tingin kundi nasa harap mismo ng mga mata ng tao, sino ang hindi matatakot dahil dito? At sino ang hindi matutuwa rito? Sa wakas, dumating na ang katapusan ng maruming lungsod ng Babilonia; nakitang muli ng tao ang isang bagung-bagong mundo, at ang langit at lupa ay nabago na at napanibago.

Kapag nagpapakita Ako sa lahat ng bansa at lahat ng tao, umiikot ang mga puting ulap sa himpapawid at binabalot Ako. Gayon din, nag-aawitan at nagsasayawan ang mga ibon sa lupa sa galak para sa Akin, na nagbibigay-diin sa kapaligiran sa lupa, at sa gayo’y sumisigla ang lahat ng bagay sa lupa, upang hindi na “dahan-dahang matangay pababa,” kundi sa halip ay mabuhay sa gitna ng kapaligirang puno ng sigla. Kapag Ako ay nasa mga ulap, di-gaanong nawawari ng tao ang Aking mukha at Aking mga mata, at sa oras na ito ay medyo takot siya. Noong araw, nakarinig na siya ng mga tala ng kasaysayan tungkol sa Akin sa mga alamat, at dahil dito ay medyo naniniwala at medyo nagdududa lamang siya sa Akin. Hindi niya alam kung nasaan Ako, o kung gaano kalaki ang Aking mukha—kasinglapad ba ito ng dagat, o walang-hangganang tulad ng mga luntiang pastulan? Walang sinuman ang nakaaalam ng mga bagay na ito. Kapag nakikita ngayon ng tao ang Aking mukha sa mga ulap, saka lamang niya nadarama na ang Ako na nasa alamat ay totoo, kaya nga siya ay medyo mas tanggap niya Ako, at dahil lamang sa Aking mga gawa kaya medyo nadaragdagan ang kanyang paghanga sa Akin. Ngunit hindi pa rin Ako kilala ng tao, at isang bahagi Ko lamang sa mga ulap ang kanyang nakikita. Pagkatapos noon, inuunat Ko ang Aking mga bisig at ipinapakita ang mga iyon sa tao. Namamangha ang tao, at itinatakip ang kanyang mga kamay sa kanyang bibig, takot na takot na mahampas ng Aking kamay, kaya nga dinaragdagan niya ng kaunting pagpipitagan ang kanyang paghanga. Ipinipirmi ng tao ang kanyang mga mata sa bawat kilos Ko, labis na natatakot na hahampasin Ko siya kapag hindi siya nakatingin—subalit hindi Ako nalilimitahan dahil sa pinagmamasdan Ako ng tao, at patuloy Kong ginagawa ang gawaing nasa Aking mga kamay. Sa lahat ng gawa lamang na Aking ginagawa nagkakaroon ng kaunting pagtanggap ang tao sa Akin, at sa gayo’y unti-unting lumalapit sa Aking harapan para makisama sa Akin. Kapag nahayag sa tao ang Aking kabuuan, makikita ng tao ang Aking mukha, at mula noon ay hindi na

Ako magtatago o magkukubli ng Aking Sarili mula sa tao. Sa buong sansinukob, magpapakita Ako nang hayagan sa lahat ng tao, at lahat ng may laman at dugo ay mapagmamasdan ang lahat ng Aking gawa. Lahat ng nasa espiritu ay tiyak na mananahan nang payapa sa Aking sambahayan, at siguradong magtatamasa ng kamangha-manghang mga pagpapala kasama Ko. Lahat ng Aking kinakalinga ay tiyak na matatakas ang pagkastingo at tiyak na maiiwasan ang hapdi ng espiritu at ang paghihirap ng laman. Magpapakita Ako nang hayagan sa lahat ng tao at mamumuno at gagamit ng kapangyarihan, upang hindi na lumaganap pa sa sansinukob ang amoy ng mga bangkay; sa halip, lalaganap ang Aking sariwang halimuyak sa buong mundo, dahil papalapit na ang Aking araw, gumigising ang tao, nasa ayos ang lahat sa lupa, at wala na ang mga araw ng pakikibaka sa lupa para mabuhay, sapagkat dumating na Ako!

Abril 6, 1992

Kabanata 30

Sa gitna ng tao, minsan Kong binuod ang pagsuway at kahinaan ng tao, at samakatuwid ay naunawaan Ko ang kahinaan ng tao at nalaman ang kanyang pagsuway. Bago ang pagdating sa gitna ng tao, matagal Ko nang naunawaan ang mga kagalakan at mga kalungkutan ng tao—at dahil dito, kaya Kong gawin ang hindi kayang gawin ng tao, at sabihin ang hindi kayang sabihin ng tao, at nagagawa Ko iyon nang walang kahirap-hirap. Hindi ba ito ang pagkakaiba sa pagitan Ko at ng tao? At hindi ba ito isang malinaw na pagkakaiba? Maaari kaya na ang Aking gawain ay kayang makamtan ng mga taong may laman at dugo? Maaari kaya na Ako ay kaparehong uri ng mga nilalang? Inihanay na Ako ng mga tao bilang isang “katulad na uri”—at hindi ba ito ay dahil sa hindi nila Ako nakikilala? Bakit, sa halip na umangat nang mataas sa gitna ng tao, ay dapat Akong magpakumbaba ng Aking sarili? Bakit patuloy Akong itinatakwil ng sangkatauhan, bakit hindi magawa ng sangkatauhan na ipahayag ang Aking pangalan? May matinding kalungkutan sa Aking puso, ngunit paano malalaman ng mga tao? Paano nila makikita? Ang hindi kailanman pagtrato sa yaong may kinalaman sa Akin bilang pinakamahalaga sa kanilang buong buhay ay iniwan na ang mga tao na tuliro at lito, na para bang kaiinom lang nila ng tabletang pampatulog; kapag tumatawag Ako sa kanila, nagpapatuloy lang sila sa pananaginip, kaya’t walang sinuman ang kailanma’y nagkamalay sa Aking mga gawa. Ngayon, tulog na tulog pa rin ang karamihan sa mga tao. Kapag tumutunog lang ang awit ng kaharian saka sila nagmumulat ng kanilang inaantok na mga mata at nakararamdam ng bahagyang kapanglawan sa kanilang mga puso. Kapag humahampas ang Aking pamalo sa sangkatauhan, katiting na pansin pa rin ang kanilang ibinibigay, na para bang ang kanilang kapalaran ay walang kabuluhan gaya ng buhangin sa dagat. Bagaman may

kaunting kamalayan ang karamihan sa kanila, hindi pa rin nila nalalaman kung gaano kalayo ang narating na ng Aking mga hakbang—sapagkat hindi sinusubukan ng mga tao na maunawaan ang Aking puso, kaya’t hindi kailanman nakayang palayain ang kanilang mga sarili mula sa gapos ni Satanas. Gumagalaw Ako sa ibabaw ng lahat ng bagay, at nabubuhay sa gitna ng lahat ng bagay, at kasabay nito, Ako ang nangingibabaw sa puso ng lahat ng tao. Sa kadahilanang ito, iba ang tingin sa Akin ng mga tao, naniniwalang Ako ay di-pangkaraniwan, o kung hindi naman ay hindi Ako maaarok—at bilang resulta, ang pagtitiwala nila sa Akin ay nagiging mas matibay bawat araw. Minsan Akong humilig sa ikatlong langit, minamasdan ang lahat ng tao at bagay sa sansinukob. Kapag natutulog Ako, natatahimik ang mga tao, labis na nangatatapot na magambala ang Aking pamamahinga. Kapag gising Ako, agad silang sumisigla, na para bang ginagawa nila ang gawain ng hayagang pagdudulot sa Akin ng kagalakan. Hindi ba’t ito ang saloobin tungo sa Akin ng mga tao sa lupa? Sino sa mga tao sa ngayon ang nakakikita sa Ako sa langit at sa lupa bilang iisa? Sinong hindi gumagalang sa Ako sa langit? At sino ang hindi nangmamaliit sa Ako sa lupa? Bakit lagi Akong pinaghihiwalay ng tao? Bakit laging may dalawang magkaibang saloobin ang tao tungo sa Akin? Ang nagkatawang-taong Diyos sa lupa ay hindi ba ang Diyos na nag-uutos sa lahat sa langit? Ang Ako ba sa langit ay hindi ba narito ngayon sa lupa? Bakit nakikita Ako ng mga tao ngunit hindi Ako nakikilala? Bakit may gayong kalaking distansya sa pagitan ng langit at lupa? Ang mga bagay na ito ba ay hindi karapat-dapat na suriin nang mas malalim ng tao?

Kapag ginagawa Ko ang Aking gawain, at sa mga panahong nagpapahayag Ako, laging ninanais ng mga tao na dagdagan ito ng “pampalasa,” na para bang ang kanilang pang-amoy ay mas matalas pa kaysa sa Akin, na para bang mas pinipili nila ang mas malasa, at para bang wala Akong malay sa kung ano ang kinakailangan ng tao, at sa gayon ay dapat na “gambalain” ang tao para “punan” ang Aking gawain. Hindi Ko sinasadyang patamlayin ang pagka-positibo ng mga tao, bagkus ay hinihingi sa kanila na linisin ang kanilang mga sarili batay sa saligan ng pagkakilala sa Akin. Dahil napakalaki ng kanilang kulang, iminumungkahi Ko na sila ay mas magsumikap, at sa gayon ay makabawi sa kanilang mga pagkukulang upang mabigyang-kasiyahan ang Aking puso. Minsan na Akong nakilala ng mga tao sa kanilang mga kuru-kuro, gayunman ay lubos na hindi ito namamalayan, at sa gayon ang kanilang pagtatangi ay parang pagtrato sa buhangin bilang ginto. Nang paalalahanan Ko sila, tinanggal lang nila ang bahagi nito, ngunit sa halip na palitan ang bahaging nawala ng mga bagay na yari sa pilak at ginto, nagpatuloy silang tamasahin ang bahagi na nananatili pa rin sa kanilang mga kamay—at bilang resulta, palagi silang mapagpakumbaba at matiyaga sa harap Ko; hindi nila kayang maging kaayon sa Akin, sapagkat masyado silang maraming kuru-kuro. Sa gayon, ipinasya Kong samsamin ang lahat ng mayroon at kung ano ang tao at itapon ito nang malayo, upang ang lahat ay maaaring mabuhay kasama Ko at hindi na mawalay sa Akin. Dahil sa Aking gawain kaya hindi nauunawaan ng tao ang

Aking kalooban. Naniniwala ang ilan na tatapusin Ko ang Aking gawain sa pangalawang pagkakataon at itatapon sila sa impiyerno. Naniniwala ang ilan na gagamit Ako ng isang bagong pamamaraan ng pagsasalita, at karamihan sa kanila ay nanginginig sa takot: Takot na takot sila na tatapusin Ko ang Aking gawain at iiwan sila na walang patutunguhan, at lubhang natatakot na iiwanan Ko silang muli. Laging gumagamit ang mga tao ng mga lumang kuru-kuro upang sukatin ang Aking bagong gawain. Sinabi Ko na hindi kailanman naintindihan ng mga tao ang pamamaraan ng Aking paggawa—makakaya ba nilang magbigay ng mabuting salaysay tungkol sa kanilang mga sarili sa pagkakataong ito? Hindi ba't ang mga lumang kuru-kuro ng mga tao ang mga sandata na gumagambala sa Aking gawain? Kapag Ako ay nagsasalita sa mga tao, palagi nilang iniwasan ang Aking titig, lubhang natatakot na mananatili ang Aking mga mata sa kanila. Sa gayon, iniyuyuko nila ang kanilang mga ulo, na parang tumatanggap ng pagsisiyasat mula sa Akin—at hindi ba dahil ito sa kanilang mga kuru-kuro? Bakit nagpakumbaba Ako ng Aking sarili hanggang ngayon, subalit walang sinuman ang nakapansin kahit kailan? Dapat ba Akong yumukod para sa tao? Pumarito Ako sa lupa mula sa langit, bumaba Ako mula sa itaas tungo sa isang lihim na dako, at dumating sa gitna ng tao at ibinunyag sa kanya ang lahat ng mayroon at ano Ako. Ang Aking mga salita ay taos-puso at taimtim, matiyaga at mabait—ngunit sino ang nakakita kahit kailan sa kung ano at kung anong mayroon Ako? Nakatago pa rin ba Ako sa tao? Bakit napakahirap para sa Akin na makipagtagpo sa tao? Dahil ba masyadong abala ang mga tao sa kanilang trabaho? Dahil ba pinababayaan Ko ang Aking mga tungkulin at ang mga tao ay determinadong lahat sa paghahangad ng tagumpay?

Sa isipan ng mga tao, ang Diyos ay Diyos, at hindi madaling pakisamahan, habang ang tao ay tao, at hindi dapat madaling maging talipandas—gayunman ang mga gawa ng mga tao ay hindi pa rin madala sa harap Ko. Maaari kaya na ang Aking mga hinihingi ay napakataas? Maaari kaya na ang tao ay napakahina? Bakit ang mga tao ay palaging tumitingin sa mga pamantayan na Aking hinihingi mula sa malayo? Talaga bang ang mga iyon ay hindi kayang maabot ng tao? Ang Aking mga hinihingi ay kinakalkula batay sa “konstitusyon” ng mga tao, kaya’t hindi kailanman lumampas sa tayog ng tao—subalit magkagayunman, ang mga tao ay nananatiling hindi kayang maabot ang mga pamantayang hinihingi Ko. Di-mabilang ang mga pagkakataon na tinalikdan Ako sa gitna ng tao, di-mabilang ang mga pagkakataon na tiningnan Ako ng mga tao nang may mga matang nanunuya, na para bang puno ng mga tinik ang Aking katawan at kasuklam-suklam sa kanila, at sa gayon ay kinamumuhian Ako ng mga tao, at naniniwalang Ako ay walang halaga. Sa ganitong paraan, ipinagtulakan Ako paroo’t parito ng tao. Di-mabilang ang mga pagkakataon na iniuwi Ako ng mga tao sa mababang halaga, at di-mabilang ang mga pagkakataon na ipinagbili nila Ako sa malaking halaga, at dahil dito kaya nasumpungan Ko ang Aking sarili sa kinalalagyan Ko ngayon. Para bang ang mga tao ay nag-iimbento pa rin ng mga pakana para sa Akin; karamihan sa kanila ay nais pa ring ipagbili Ako para sa daan-daang milyong dolyar na tubo, sapagkat hindi Ako

kailanman itinangi ng tao. Para bang Ako ay naging tagapamagitan sa pagitan ng mga tao, o isang sandatang nukleyar kung saan nakikipaglaban sila sa isa't isa, o isang kasunduang nilagdaan sa pagitan nila—at bilang resulta, Ako, sa kabuuan, ay lubos na walang halaga sa puso ng tao, Ako ay isang gamit sa bahay na mapapalitan. Gayunman ay hindi Ko kinukondena ang tao dahil dito; wala Akong ginagawa kundi iligtas ang tao, at laging naging mahabagin sa tao.

Naniniwala ang mga tao na mapapanatag Ako kapag itinaon Ko ang mga tao sa impiyerno, na parang Ako ay namumukod-tanging gumagawa ng pakikipagkasundo sa impiyerno, at parang Ako ay tila isang uri ng departamento na nagpapakabihasa sa pagbebenta ng mga tao, na parang Ako ay isang espesyalista sa panggagantso ng mga tao at ipagbibili sila sa mataas na halaga sa sandaling mahawakan Ko sila. Hindi ito sinasabi ng mga bibig ng mga tao, subalit sa kanilang mga puso ito ang kanilang paniniwala. Bagaman iniibig nilang lahat Ako, ginagawa nila ito nang palihim. Nagbayad ba Ako ng ganoon kalaking halaga at gumugol ng ganoon karami kapalit ng ganito kaliit na piraso ng pag-ibig mula sa kanila? Ang mga tao ay mga manloloko, at lagi Kong ginagampanan ang papel ng niloko. Para bang masyado Akong walang muwang: Sa sandaling nakita na nila ang kahinaang ito, patuloy nila Akong niloloko. Ang mga salita mula sa Aking bibig ay hindi naglalayong ilagay sa kamatayan ang mga tao o paratangan sila nang walang habas—ang mga ito ang realidad ng tao. Marahil ang iba sa Aking mga salita ay “lumalabis,” kung saan maaari lang Akong “maggmakaawa” para sa kapatawaran ng mga tao; dahil hindi Ako “bihasa” sa wika ng tao, karamihan sa sinasabi Ko ay hindi kayang bigyang-kasiyahan ang mga hinihingi ng mga tao. Marahil ang ilan sa Aking mga salita ay tumatagos sa mga puso ng mga tao, kaya maaari lang Akong “maggmakaawa” na maging mapagparaya sila; dahil hindi Ako sanay sa pilosopiya ng tao sa buhay at hindi mapili sa Aking paraan ng pagsasalita, marami sa Aking mga salita ay maaaring magdulot ng kahihiyan sa mga tao. Marahil ang ilan sa Aking mga salita ay nangungusap sa ugat ng karamdaman ng mga tao at inilalantad ang kanilang sakit, kaya’t ipinapayo Ko ang pag-inom ng ilan sa mga gamot na inihanda Ko na para sa iyo, sapagkat wala Akong intensyong saktan ka at walang masasamang epekto ang gamot na ito. Marahil ang ilan sa Aking mga salita ay hindi “makatotohanan” sa pandinig, ngunit “nagmamakaawa” Ako sa mga tao na huwag mataranta—hindi “maliksi” ang Aking kamay at paa, kaya hindi pa naisasakatuparan ang Aking mga salita. Hinihingi Ko na maging “matiisin” ang mga tao tungo sa Akin. Nakatutulong ba ang mga salitang ito sa tao? Umaasa Ako na may makamit ang mga tao mula sa mga salitang ito, upang hindi laging nawawalan ng kabuluhan ang Aking mga salita!

Abril 9, 1992

Kabanata 31

Hindi Ako kailanman nagkaroon ng puwang sa puso ng mga tao. Kapag tunay Akong naghahanap sa mga tao, ipinipikit nila ang kanilang mga mata at binabalewala ang Aking mga kilos, na para bang lahat ng Aking ginagawa ay isang pagtatangkang bigyan sila ng kasiyahan, na naging sanhi upang palagi silang mainis sa Aking mga gawa. Para bang wala Akong anumang kamalayan sa sarili, para bang lagi Kong ipinapasikat ang Aking sarili sa harap ng tao, sa gayon ay nagsiklab ang galit nilang mga “kagalang-galang at matuwid.” Subalit nagtitiis Ako kahit sa ilalim ng gayong masasamang kundisyon, at itinutuloy Ko ang Aking gawain. Sa gayon, sinasabi Ko na natitikman Ko ang matamis, maasim, mapait, at maanghang na mga lasa ng karanasan ng tao, at dumarating Ako sa hangin at sumasama sa ulan; sinasabi Ko na naranasan Ko na ang mga pag-uusig ng pamilya, naranasan Ko na ang mga tagumpay at kabiguan ng buhay, at naranasan Ko na ang sakit ng mahiwalay sa katawan. Gayunman, nang pumarito Ako sa lupa, sa halip na tanggapin Ako dahil sa hirap na naranasan Ko para sa kanila, “magalang” na tinanggihan ng mga tao ang Aking mabubuting layunin. Paanong hindi Ako masasaktan nito? Paanong hindi Ako malulungkot? Maaari bang nagkatawang-tao Ako para lamang magwakas nang ganito ang lahat? Bakit hindi Ako mahal ng tao? Bakit nasuklian ng galit ng tao ang Aking pagmamahal? Maaari ba na nararapat Akong magdusa sa ganitong paraan? Tumutulo ang mga luha ng simpatiya ng mga tao dahil sa paghihirap Ko sa mundo, at dumaing na ang mga tao sa kawalang-katarungan ng Aking kasawian. Subalit sino na ang tunay na nakaalam sa Aking puso? Sino ang makakahiwatig sa Aking damdamin kailanman? Minsan nang nagkaroon ang tao ng malalim na pagmamahal sa Akin, at minsang nanabik sa Akin sa kanyang mga pangarap—ngunit paano maaaring maunawaan ng mga tao sa lupa ang Aking kalooban sa langit? Bagama’t minsa’y nahiwatigan ng mga tao ang Aking kalungkutan, sino na ang nagkaroon ng simpatiya, bilang isang kapwa nagdurusa, sa Aking mga pagdurusa? Maaari kayang maantig at mabago ang Aking nalulungkot na puso ng konsiyensya ng mga tao sa lupa? Hindi ba masabi sa Akin ng mga tao sa lupa ang di-masabing paghihirap sa kaiburan ng kanilang puso? Ang mga espiritu at ang Espiritu ay umaasa sa isa’t isa, ngunit dahil sa mga harang ng laman, “nawalan ng kontrol” ang utak ng mga tao. Minsa’y pinaalalahanan Ko ang mga tao na humarap sa Akin, ngunit hindi nakahikayat sa mga tao ang Aking mga panawagan na tuparin ang Aking hiningi; tumingin lamang sila sa langit, puno ng luha ang mga mata, para bang may pasan silang di-mailarawang hirap, para bang may isang bagay na nakaharang sa kanilang daan. Sa gayon, mahigpit silang nagdaop ng mga kamay at yumuko sa silong ng langit na nagmamakaawa sa Akin. Dahil maawain Ako, ipinagkakaloob Ko ang Aking mga pagpapala sa tao, at sa isang kisapmata, dumating ang sandali ng Aking personal na pagparito sa tao—subalit matagal nang nakalimutan ng tao ang kanyang sumpa sa Langit. Hindi ba ito mismo ang pagsuway ng tao? Bakit laging may “amnesia” ang tao?

Nasaksak Ko ba siya? Napatay Ko ba ang kanyang katawan? Sinasabi Ko sa tao ang damdaming nasa kaibuturan ng Aking puso; bakit niya Ako laging iniawasan? Sa mga alaala ng mga tao, para bang may nawala sa kanila at hindi ito makita kahit saan, ngunit para bang hindi rin tumpak ang kanilang mga alaala. Sa gayon, palaging malilimutin ang mga tao sa buhay nila, at magulo ang mga panahon ng buhay ng buong sangkatauhan. Subalit walang ginagawang anuman ang sinuman para lutasin ito; walang ginagawang anuman ang mga tao kundi yurakan at paslangin ang isa't isa, na humantong na sa nakakapinsalang pagkatalo ngayon, at nagsanhi na gumuho ang lahat ng bagay sa sansinukob sa maruming tubig at putik, na wala nang pagkakataong maligtas.

Nang dumating Ako sa lahat ng tao, iyon mismo ang sandali na naging matapat ang mga tao sa Akin. Sa panahong ito, nagsimula ring ilapat ng malaking pulang dragon ang nakamamatay na mga kamay nito sa mga tao. Tinanggap Ko ang “paanyaya,” at Ako ay “pinaupo sa hapag ng piging” kasama ng tao, na hawak ang “liham ng paanyaya” na ibinigay sa Akin ng sangkatauhan. Nang makita nila Ako, hindi Ako pinansin ng mga tao, sapagkat hindi Ko pinalamutian ng magagarang kasuotan ang Aking sarili at dala Ko lamang ang Aking “identity card” para makaupo sa mesa na kasama ng tao. Walang mamahaling pampaganda sa Aking mukha, walang koronang nakaputong sa Aking ulo, at isang pares lamang ng ordinaryong sapatos na gawang-bahay ang suot Ko sa Aking mga paa. Ang higit na nagpainis lamang sa mga tao ay wala Akong kolorete sa Aking bibig. Bukod pa ryan, hindi Ako sumambit ng magalang na mga salita, at hindi ang Aking dila ang pluma ng isang handang manunulat; sa halip, tumagos ang Aking bawat salita sa kaibuturan ng puso ng tao, na nagdagdag kahit paano sa “kanais-nais” na impresyon ng mga tao sa Aking bibig. Sapat na ang nabanggit na hitsura para bigyan Ako ng mga tao ng “espesyal na pagtrato,” at sa gayon ay tinrato nila Ako bilang isang simpleng probinsyano mula sa kanayunan na walang kaalaman tungkol sa mundo, at walang karunungan. Subalit nang mag-abot ng “mga regalang pera” ang lahat, hindi pa rin Ako itinuring ng mga tao na kagalang-galang, kundi lumapit lamang sa Akin nang walang anumang paggalang, nang dahan-dahan at nag-aatubili at maikli ang pasensya. Nang iabot Ko ang Aking kamay, agad silang nagtaka, at lumuhod sila at nagsigawan nang malakas. Kinolekta nila ang lahat ng “perang regalo” sa Akin. Dahil malaki ang halaga, bigla nilang naisip na milyonaryo Ako at pinunit ang gula-gulanit na mga damit mula sa Aking katawan nang walang pahintulot Ko, at pinalitan ang mga iyon ng mga bagong damit—subalit hindi Ako sumaya rito. Dahil hindi Ako sanay sa gayon kadalang pamumuhay at kinamuhian Ko ang ganitong “primera-klaseng” pagtrato, dahil isinilang Ako sa banal na tahanan, at, masasabi, dahil isinilang Ako sa “karukhaan,” hindi Ako sanay sa marangyang buhay na ang mga tao ay naglilingkod sa Akin na parang alipin. Sana lamang ay maunawaan ng mga tao ang Aking nadarama sa puso Ko, nang matiis nila ang kaunting hirap upang matanggap ang di-nakapapanatag na mga katotohanan mula sa Aking bibig. Dahil hindi pa Ako kailanman nakapagsalita tungkol sa teorya, ni wala Akong kakayahang gamitin ang lihim na mga paraan ng sangkatauhan sa pagkilos

sa lipunan upang makihalubilo sa mga tao, at dahil wala pa Akong kakayahang iangkop ang Aking mga salita ayon sa mukha ng mga tao o sa kanilang sikolohiya, lagi Akong kinamumuhian ng mga tao, na naniniwala na hindi Ako karapat-dapat na makasalamuha, at sinasabi na matalim ang Aking dila at lagi Kong sinasaktan ang mga tao. Subalit wala Akong pagpipilian: “pinag-aralan” Kong minsan ang sikolohiya ng tao, “tinularan” Kong minsan ang pilosopiya ng tao sa pamumuhay, at minsan Akong nag-aral sa “kolehiyo ng wika” para matutuhan ang wika ng tao, upang makasanayan Ko ang kaparaanan ng pagsasalita ng mga tao, at makapagsalita nang nababagay sa kanilang mukha—ngunit kahit nagsikap Ako nang husto at bumisita sa maraming “eksperto,” nauwing lahat iyon sa wala. Hindi kailanman nagkaroon ng anumang pagkatao sa Akin. Sa lahat ng taong nagdaan, hindi kailanman nagkaroon ng kahit katiting na epekto ang Aking mga pagsisikap, at hindi Ako kailanman nagkaroon ng kahit katiting na kakayahan sa wika ng tao. Sa gayon, ang mga salita ng tao na “sulit ang maging masipag” ay “tumalbog” palayo sa Akin, at dahil dito, nagwawakas ang mga salitang ito sa lupa. Hindi natatanto ng mga tao, napabulaanan na ng Diyos mula sa langit ang talinghagang ito, at sapat na pinatunayan na walang silbi ang mga salitang iyon. Sa gayon ay humihingi Ako ng paumanhin sa tao, ngunit wala nang magagawa—iyon ang napapala Ko sa pagiging masyadong “mangmang.” Wala Akong kakayahang matutuhan ang wika ng tao, na maging magaling sa pilosopiya sa pamumuhay, na makisalamuha sa mga tao. Pinapayuhan Ko lamang ang mga tao na maging matiisin, na pigilan ang galit sa kanilang puso, na huwag saktan ang kanilang sarili nang dahil sa Akin. Sino ang nagbunsod sa atin na makihalubilo sa isa’t isa? Sino ang nagbunsod sa atin na magkita-kita sa sandaling ito? Sino ang nagbunsod sa atin na magkaroon ng magkakaparehong uliran?

Laganap ang Aking disposisyon sa lahat ng Aking salita, subalit hindi ito kayang maintindihan ng mga tao sa Aking mga salita. Nagtatalo lamang sila tungkol sa maliliit na bagay na sinasabi Ko—ano ang silbi niyon? Magagawa ba silang perpekto ng kanilang mga kuru-kuro tungkol sa Akin? Maaari bang isakatuparan ng mga bagay sa lupa ang Aking kalooban? Patuloy Kong sinubukang turuan ang mga tao kung paano sambitin ang Aking mga salita, ngunit para bang hindi makaimik ang tao, at hindi niya natutuhan kailanman kung paano sambitin ang Aking mga salita tulad ng nais Ko. Tinuruan Ko siya nang bibig-sa-bibig, subalit hindi siya kailanman natuto. Pagkatapos nito, saka lamang Ako may natuklasang bago: Paano maaaring sambitin ng mga tao sa lupa ang mga salita ng langit? Hindi ba nito nilalabag ang mga batas ng kalikasan? Ngunit, dahil sa kasigasigan at pagkamausisa ng mga tao tungo sa Akin, nagsimula Ako sa isa pang bahagi ng gawain sa tao. Hindi Ko kailanman pinahiya ang tao dahil sa kanyang mga kakulangan, kundi sa halip ay tinutustusan Ko ang tao alinsunod sa kung ano ang wala sa kanya. Dahil lamang dito kaya mayroong medyo kanais-nais na impresyon sa Akin ang mga tao, at ginagamit Ko ang pagkakataong ito upang minsan pang pagsama-samahin ang mga tao, upang matamasa nila ang isa pang bahagi ng

Aking mga yaman. Sa sandaling ito, minsan pang nalulong ang mga tao sa kaligayahan, ang mga pagbubunyi at tawanan ay nasa paligid ng iba-ibang kulay na mga ulap sa kalangitan. Binubuksan Ko ang puso ng tao, at nagkakaroon kaagad ng bagong sigla ang tao, at ayaw na niya Akong pagtaguan, sapagkat natikman na niya ang matamis na lasa ng pulot, kaya nga inilalabas niya ang lahat ng kanyang basura upang papalitan—na para bang naging isa Akong kolektahan ng basura, o isang istasyon ng pamamahala sa basura. Sa gayon, matapos makita ang nakapaskil na mga “anunsyo,” humaharap sa Akin ang mga tao at sabik na nakikilahok, sapagkat tila iniisip nila na makakakuha sila ng ilang “souvenir,” kaya pinadadalhan nila Akong lahat ng “mga liham,” upang makalahok sila sa mga kaganapang Aking itinakda. Sa sandaling ito hindi sila natatakot na mawalan, dahil hindi malaki ang “puhunan” na sangkot sa mga aktibidad na ito, kaya nga nangangahas silang makipagsapalaran sa paglahok. Kung walang mga souvenir na matatamo mula sa paglahok, lilisanin ng mga tao ang arena at babawiin ang pera nila, at kukuwentahin din nila ang “interes” na utang Ko sa kanila. Ito ay dahil tumaas na ang mga pamantayan ng pamumuhay ngayon, umabot na sa isang “disenteng antas ng kaunlaran” at naging “makabago,” at ang “nakatataas na opisyal” ay personal na “pumupunta sa kanayunan” upang isaayos ang gawain, kaya lumakas kaagad nang husto ang pananampalataya ng mga tao—at dahil pabuti nang pabuti ang kanilang “konstitusyon,” tinitingnan nila Ako nang may paghanga, at handa silang makipag-ugnayan sa Akin para makuha ang Aking tiwala.

Abril 11, 1992

Kabanata 32

Kapag nagtitipon ang mga tao na kasama Ko, napupuno ng kagalakan ang puso Ko. Agad-agad, ipinagkakaloob Ko sa tao ang mga pagpapalang nasa Aking kamay, upang makipagtipon sa Akin ang mga tao, at hindi maging mga kaaway na sumusuway sa Akin kundi mga kaibigang kaayon Ko. Sa gayon, taos-puso rin ang pagtrato Ko sa tao. Sa Aking gawain, ang tao ay itinuturing na isang miyembro ng isang mataas-na-uri ng organisasyon, kaya pinag-uukulan Ko siya ng higit na pansin, sapagkat noon pa man ay siya na ang pakay ng Aking gawain. Nagtakda na Ako ng puwang sa puso ng mga tao, upang ang kanilang puso ay magkaroon ng galang sa Akin—subalit nananatili silang lubos na walang alam kung bakit Ko ginagawa ito, at wala silang ginagawa kundi ang maghintay. Bagama’t may puwang Akong naitakda sa puso ng mga tao, hindi nila hinihiling na manahan Ako roon. Sa halip, naghihintay sila na biglang dumating ang “Isang Banal” sa kanilang puso. Dahil masyadong “aba” ang Aking pagkakakilanlan, hindi Ako makakatugma sa mga hinihiling ng mga tao at sa gayon ay iwinawaksi nila Ako. Ang nais nila ay ang “Ako” na mataas at makapangyarihan, ngunit nang dumating

Ako ay hindi Ako nagpakita sa ganitong paraan sa tao, kaya nga patuloy silang nakatanaw sa malayo, naghihintay sa isa na nasa kanilang puso. Nang humarap Ako sa mga tao, tinanggihan nila Ako sa harap ng masa. Tumayo na lamang Ako sa isang tabi, naghihintay na “pakitunguhan” ng tao, na pinagmamasdan kung ano ang gagawin ng mga tao sa Akin, ang di-sapat na “produktong” ito. Hindi Ako tumitingin sa mga pilat ng mga tao, kundi sa bahagi nila na walang pilat, at mula rito ay nasisiyahan Ako. Sa mga mata ng mga tao, isa lamang Akong “munting bituin” na nakababa mula sa kalangitan; Ako lamang ang pinakamunti sa langit, at ang Aking pagdating sa lupa ngayon ay atas ng Diyos. Dahil dito, nakabuo ang mga tao ng iba pang mga interpretasyon sa mga salitang “Ako” at “Diyos,” na takot na takot na ituring na ang Diyos at Ako ay iisa. Dahil walang anyo ng Diyos ang Aking imahe, naniniwala ang lahat ng tao na Ako ay isang lingkod na hindi kasama sa pamilya ng Diyos, at sinasabi nila na hindi ito ang imahe ng Diyos. Marahil ay may mga taong nakakita na sa Diyos—ngunit dahil sa kawalan Ko ng kabatiran sa lupa, hindi kailanman “nagpakita” sa Akin ang Diyos. Marahil ay napakaliit ng Aking “pananampalataya,” kaya nga mababa ang tingin sa Akin ng mga tao. Iniisip ng mga tao na kung talagang Diyos ang isang tao, tiyak na eksperto siya sa wika ng tao, sapagkat ang Diyos ang Lumikha. Ngunit kabaligtaran mismo ang mga katotohanan: Hindi lamang Ako hindi eksperto sa wika ng tao, kundi may mga pagkakataon na ni hindi Ko man lang “mapaglaanan” ang “mga kakulangan” ng tao. Dahil dito, pakiramdam Ko medyo “nakokonsensiya” Ako, sapagkat hindi Ako kumikilos ayon sa “hinihiling” ng tao, kundi naghahanda lamang ng materyales at gumagawa alinsunod sa kung ano ang kanilang “kakulangan.” Ang mga hinihingi Ko sa tao ay hindi masasabing malaki, subalit kabaligtaran ang pinaniniwalaan ng mga tao. Sa gayon, ang kanilang “pagpapakumbaba” ay nahahayag sa kanilang bawat galaw. Palagi silang nananagot sa paglakad sa Aking harapan, na inaakay Ako sa daan, sa malaking takot na baka Ako maligaw, nahihintakutan na gumala Ako papasok sa sinaunang kagubatan sa loob ng kabundukan. Dahil dito, lagi na Akong inaakay ng mga tao mula noon, na takot na takot na makapasok Ako sa piitan. Medyo mayroon Akong “kanais-nais na impresyon” tungkol sa pananampalataya ng mga tao, sapagkat “nagpakahirap” sila para sa Akin nang hindi iniisip na makakain o makatulog, hanggang sa punto na ang mga paggawa nila para sa Akin ay naging sanhi na hindi sila makatulog araw at gabi at mamuti ang kanilang buhok—sapat na ito upang ipakita na “nalampasan” na ng kanilang pananampalataya ang mga sansinukob, at “nahigitan” ang mga apostol at propeta sa buong kapanahunan.

Hindi Ako pumapalakpak sa tuwa dahil sa malaking kasanayan ng mga tao, at ni hindi malamig ang pagtingin Ko sa kanila dahil sa kanilang mga pagkukulang. Ginagawa Ko lamang yaong nasa Aking mga kamay. Wala Akong tinatratong sinuman nang espesyal, kundi gumagawa lamang Ako ayon sa Aking plano. Subalit hindi alam ng mga tao ang Aking kalooban at patuloy na nagdarasal para sa mga bagay mula sa Akin, na para bang ang mga kayamanang naipagkaloob Ko sa kanila ay walang kakayahang tugunan ang kanilang mga pangangailangan, na para bang nahihigitan ng kahilingan

ang panustos. Ngunit sa kapanahunan ngayon, ramdam ng lahat ng tao na may “pagtaas ng presyo”—dahil dito, abalang-abala sila sa mga naibigay Ko sa kanila para tamasahin. Dahil dito kaya sila nanghihinawa sa Akin, kaya nga ang buhay nila ay puno ng kaguluhan at hindi nila alam kung ano ang dapat at hindi nila dapat kainin. Mahigpit pa nga ang hawak ng ilan sa mga bagay na naibigay Ko sa kanila para tamasahin, na minamasdang mabuti ang mga iyon. Dahil dati-rati ay nagtiis ang mga tao sa pagkagutom, at hindi madali para sa kanila ang matamasa ang mga kasiyahan ng ngayon, “walang hanggan ang pasasalamat” nilang lahat, at nagkaroon na ng kaunting pagbabago sa kanilang pakikitungo sa Akin. Patuloy silang umiiyak sa Aking harapan; dahil napakarami Ko nang naibigay sa kanila, panay ang hawak nila sa Aking kamay at nagpaparating ng “mga bulong ng pasasalamat.” Gumagalaw Ako sa ibabaw ng mga sansinukob, at habang naglalakad Ako ay pinagmamasdan Ko ang mga tao sa buong sansinukob. Sa maraming tao sa lupa, walang sinuman kailanman na angkop para sa Aking gawain o tunay na nagmamahal sa Akin. Sa gayon, sa sandaling ito ay naghihinagpis Ako sa pagkadismaya, at naghihiwa-hiwalay kaagad ang mga tao, upang hindi na muling magtipon, na takot na takot sa Aking “panghuhuli sa kanilang lahat sa isang lambat.” Ginagamit Ko ang pagkakataong ito upang pumarito sa tao, upang gawin ang Aking gawain—gawaing angkop—sa nagkahiwa-hiwalay na mga taong ito, na pinipili yaong mga angkop na pag-ukulan Ko ng gawain. Hindi Ko nais “pigilan” ang mga tao sa gitna ng Aking pagkastigo upang hindi sila makatakas kailanman. Ginagawa Ko lamang ang kailangan Kong gawin. Pumarito Ako upang humingi ng “tulong” sa tao; dahil walang mga gawa ng tao ang Aking pamamahala, hindi posibleng matagumpay na matapos ang Aking gawain, na humahadlang sa Aking gawain na magpatuloy nang epektibo. Umaasa lamang Ako na magkaroon ng matibay na pagpapasya ang mga tao na makipagtulungan sa Akin. Hindi Ko hinihingi na ipagluto nila Ako ng masarap na pagkain, o ayusin nila ang isang lugar na angkop na mahimlayan ng Aking ulo, o na igawa nila Ako ng magagandang damit—wala Ako ni katiting na pagsasaalang-alang sa mga bagay na ito. Kapag mauunawaan ng mga tao ang Aking kalooban at makakasulong sila na kasama Ko, nang magkaagapay, masisiyahan ang puso Ko.

Sino sa lupa ang tumanggap na sa Akin sa kanilang puso? Sino ang nagmamahal na sa Akin sa kanilang puso? Ang pagmamahal ng mga tao ay palaging may halo; Ako man ay “hindi nakakaalam” kung bakit hindi mapatuyo at mapadalisay ang kanilang pagmamahal. Sa gayon, marami ring “mga hiwaga” sa kalooban ng tao. Sa mga nilalang, ang tingin sa tao ay “mahimala” at “hindi maarok,” kaya nga mayroon siyang “mga kwalipikasyon” sa Aking harapan, na para bang kapantay Ko ang kanyang katayuan—ngunit wala siyang nakikitang kakaiba tungkol sa “katayuan” niyang ito. Dito, hindi naman sa hindi Ko tinutulutan ang mga tao na tumayo sa katungkulang ito at masiyahan dito, kundi nais Ko silang maging wasto, na huwag nilang isipin na napakataas nila; may pagitan ang langit at ang lupa, maliban pa sa pagitan ng Diyos at ng tao. Hindi ba mas malaki pa ang pagitan ng Diyos at ng tao? Sa lupa, ang tao at Ako ay “nasa

iisang bangka,” at aming “magkasamang binabata ang bagyo.” Ang Aking pagkakakilanlan ay hindi Ako pinalalaya mula sa pagdanas ng hirap ng mundo ng tao, at dahil dito kaya Ako nasadlak sa sitwasyong kinalalagyan Ko ngayon. Hindi Ako kailanman nagkaroon ng isang lugar para payapang makapanirahan sa lupa, kaya sinasabi ng mga tao na, “Ang Anak ng tao ay hindi nagkaroon ng isang dakong mahihimlayan ng Kanyang ulo kailanman.” Dahil dito, lumuha rin ang mga tao sa pagkahabag sa Akin at nagtabi ng ilang dosenang yuan para sa isang “pondong pantulong” para sa Akin. Dahil lamang dito kaya Ako mayroong isang dakong pahingahan; kung hindi sa “tulong” ng mga tao, sino ang nakakaalam kung saan Ako hahantong!

Kapag nagwakas ang Aking gawain, hindi Ko na hahanapin ang “tulong pinansyal” na ito mula sa tao; sa halip, gagampanan Ko ang Aking likas na tungkulin, at ibababa Ko ang lahat ng “bagay ng Aking sambahayan” para tamasahin ng mga tao. Ngayon, lahat ay pinatutunayan sa gitna ng Aking mga pagsubok. Kapag pormal na sumapit sa tao ang Aking kamay, hindi na Ako titingnan ng mga tao nang may paghanga, kundi kamumuhian nila Ako, at sa sandaling ito ay agad Kong dudukutin ang kanilang puso para magsilbing halimbawa. Sinusuri Ko ang puso ng tao sa ilalim ng isang “mikroskopyo”—walang tunay na pagmamahal doon para sa Akin. Sa loob ng maraming taon, nililintang at niloloko na Ako ng mga tao—lumalabas na ang kaliwa at ang kanang bahagi ng kanilang puso ay kapwa nagtataglay ng lason ng pagkamuhi sa Akin. Kaya pala gayon ang Aking saloobin sa kanila. Magkagayunman ay nananatili silang lubos na mangmang tungkol dito, at ni hindi nila kinikilala ito. Kapag ipinapakita Ko sa kanila ang mga resulta ng Aking pagsusuri, hindi pa rin sila nagigising; para bang, sa kanilang isipan, lahat ng ito ay nakaraan na, at hindi na dapat na ungkating muli ngayon. Sa gayon, tinitingnan lamang ng mga tao ang “mga resulta ng laboratoryo” nang walang pakialam. Ibinabalik nila ang resulta at humahakbang na palayo. Bukod pa ryan, sinasabi nila ang mga bagay na gaya ng, “Hindi mahalaga ang mga ito, walang anumang epekto ang mga ito sa kalusugan ko.” Ngumingiti sila nang bahagya nang may panunuya, at pagkatapos ay may bahagyang tingin ng pagbabanta sa kanilang mga mata, na para bang nagpapahiwatig na hindi Ako dapat maging masyadong seryoso, na kailangan Akong maging mas mababaw. Para bang ang Aking paghahayag tungkol sa mga lihim sa kanilang kalooban ay labag sa “mga batas” ng tao, kaya nga lalo silang namumuhi sa Akin. Noon Ko lamang nakita ang pinagmumulan ng pagkamuhi ng mga tao. Ito ay dahil kapag nakatingin Ako, dumadaloy ang kanilang dugo, at pagkatapos dumaan sa mga ugat sa kanilang katawan ay pumapasok ito sa puso, at sa sandaling ito lamang Ako nagkakaroon ng isang bagong “tuklas.” Subalit hindi ito iniisip ng mga tao. Lubos silang pabaya at hindi nila iniisip ang kanilang kikitain o malulugi sa kanila, na sapat para ipakita ang kanilang diwa ng debosyon na “hindi makasarili.” Hindi nila isinasaalang-alang ang lagay ng kanilang sariling kalusugan, at “nag-aabala” sila para sa Akin. Ito rin ang kanilang “katapatan,” at kung ano ang “kapuri-puri” tungkol sa kanila, kaya minsan pa Akong nagpapadala ng liham ng “papuri” sa kanila, upang mapasaya

sila nito. Ngunit kapag binabasa nila ang “liham” na ito, agad silang naiinis nang kaunti, sapagkat lahat ng ginagawa nila ay tinanggihan na ng Aking tahimik na liham. Palagi Kong pinapatnubayan ang mga tao sa pagkilos nila, subalit tila nasusuklam sila sa Aking mga salita; sa gayon, kapag ibinuka Ko ang Aking bibig, pumipikit sila nang mariin at tinatakpan ng kanilang mga kamay ang kanilang mga tainga. Hindi nila Ako tinitingnan nang may paggalang dahil sa Aking pagmamahal, kundi kinasuklaman nila Ako palagi, sapagkat tinukoy Ko ang kanilang mga kakulangan, na inilalantad ang lahat ng bagay na kanilang pag-aari, at sa gayon ay nalugi sila sa kanilang negosyo, at naglaho ang kanilang kabuhayan. Sa gayon, nadaragdagan ang kanilang pagkamuhi para sa Akin.

Abril 14, 1992

Kabanata 33

Sa Aking pamamahay, minsang nagkaroon ng mga dumadakila sa Aking banal na pangalan, na gumawa nang walang kapaguran upang mapuno ang papawirin ng Aking kaluwalhatian sa lupa. Dahil dito, labis Akong natuwa, at napuno ang Aking puso ng kagalakan—ngunit sino ang kayang humalili sa Akin, na tinatalikdan ang tulog sa gabi at araw? Nagbibigay sa Akin ng kaluguran ang determinasyon ng tao sa Aking harapan, ngunit pinupukaw ng kanyang pagiging mapanghimagsik ang Aking galit, at samakatuwid, dahil hindi kailanman mananatiling tapat ang tao sa kanyang tungkulin, lalong tumitindi ang Aking pighati para sa kanya. Bakit laging hindi kaya ng mga tao na ilaan ang kanilang sarili sa Akin? Bakit nila palaging sinusubukang makipagtawaran sa Akin? Punong tagapamahala ba Ako ng isang sentro ng kalakalan? Bakit Ko kaya isinasakatuparan nang buong puso ang hinihingi ng mga tao sa Akin, habang nauuwi lang sa wala ang hinihingi Ko mula sa tao? Maaari kayang hindi Ako magaling sa mga pamamaraan ng pagnenegosyo, pero ang tao ay magaling dito? Bakit palagi Akong nililinlang ng mga tao sa pamamagitan ng mabuladas na pananalita at pambobola? Bakit palaging dumarating ang mga tao na may dalang “mga regalo,” humihingi ng daan pabalik? Ito ba ang itinuro Ko na gawin ng tao? Bakit ginagawa ng mga tao ang ganitong mga bagay nang mabilis at malinis? Bakit palaging nagaganyak ang mga tao na linlangin Ako? Kapag kasama Ko ang tao, tinitingnan Ako ng mga tao bilang isang nilikha; kapag nasa ikatlong langit Ako, itinuturing nila Ako bilang ang Makapangyarihan sa lahat, na Siyang may pamamahala sa lahat ng bagay; kapag nasa kalangitan Ako, nakikita nila Ako bilang ang Espiritu na pumupuno sa lahat ng bagay. Sa kabuuan, walang nararapat na lugar para sa Akin sa puso ng mga tao. Para bang isa Akong bisitang hindi imbitado, kinasusuklaman Ako ng mga tao, at kaya kapag kinukuha Ko ang tiket at nauupo Ako, itinataboy nila Ako, at sinasabing wala Akong mauupuan dito, na nagpunta Ako sa maling lugar, at kaya wala Akong pagpipilian kundi ang umalis kaagad nang galit na

galit. Nagdesisyon Akong hindi na makihalubilo sa tao, dahil masyadong makitid ang utak ng mga tao at masyadong kakaunti ang kanilang kagandahang-loob. Hindi na Ako kakain sa mesang kinakainan din nila, hindi na Ako magpapalipas ng oras sa mundo na kasama sila. Ngunit kapag nagsasalita Ako, namamangha ang mga tao; natatakot sila na lilisan Ako, at kaya patuloy nila Akong ikinukulong. Habang nakikita ang kanilang pagkukunwari, agad Kong naramdamang tila malungkot at mapanglaw ang Aking puso. Natatakot ang mga tao na iiwan Ko sila, at kaya kapag humihiwalay Ako sa kanila, agad napupuno ang lupa ng tunog ng pag-iyak, at napupuno ng luha ang mga mukha ng mga tao. Pinupunasan Ko ang kanilang mga luha, muli Ko silang pinagiginhawa, at tinititigan nila Ako, ang kanilang mga mata ay tila nagmamakaawa sa Akin na huwag Akong lumisan, at dahil sa kanilang “pagiging busilak” ay kasama nila Ako. Ngunit sino ang makakaunawa ng sakit na nasa Aking puso? Sino ang nagsasaisip ng Aking mga bagay na hindi maaaring pag-usapan? Sa mga mata ng mga tao, para bang wala Akong emosyon, at kaya palagi kaming nagmumula sa dalawang magkaibang pamilya. Paano nila makikita ang pagkaramdam ng pighati sa Aking puso? Ninanasa lamang ng mga tao ang kanilang mga sariling kaaliwan, at hindi nila isinasaisip ang Aking kalooban, dahil, hanggang sa kasalukuyan, nananatiling mangmang ang mga tao tungkol sa layon ng Aking plano ng pamamahala, at kaya ngayon gumagawa pa rin sila ng tahimik na mga pagsamo—at ano ang benepisyo nito?

Kapag naninirahan Ako kasama ng tao, mayroon Akong puwang sa puso ng mga tao; dahil nagpakita na Ako sa katawang-tao, at nabubuhay ang mga tao sa lumang katawan, palagi nila Akong pinakikitunguhan sa katawang-tao. Dahil mayroon lamang laman ang mga tao at wala nang higit pang karagdagan, ibinigay na nila sa Akin ang “lahat ng mayroon sila.” Ngunit wala silang alam, “inaalay lamang nila ang kanilang debosyon” sa Akin. Walang kuwentang basura ang Aking inaani—ngunit hindi ganoon ang iniisip ng tao. Kapag inihahambing Ko ang “mga regalo” na ibinigay nila sa Aking mga bagay, agad na napapansin ng mga tao ang Aking kahalagahan, at saka lamang nila nakikita ang Aking pagiging di-masusukat. Hindi Ako nagmamalaki dahil sa kanilang papuri, kundi nagpapatuloy Ako na magpakita sa tao, upang maaari Akong makilala nang lubusan ng mga tao. Kapag ipinapakita Ko sa kanila ang Aking kabuuan, tinitingnan nila Ako nang may nanlalaking mga mata, nakatayo sa harapan Ko nang hindi gumagalaw, kagaya ng isang haliging asin. At kapag pinagmamasdan Ko ang kanilang pagiging kakaiba, nahihirapan Akong pigilan ang Aking sarili sa pagtawa. Dahil nakikipag-ugnayan sila upang humingi ng mga bagay mula sa Akin, ibinibigay Ko sa kanila ang mga bagay na nasa Aking kamay, at hinahawakan nila ito sa kanilang dibdib, itinatangi ang mga ito kagaya ng isang bagong silang na sanggol, isang gawi na ginagawa lamang nila nang sandali. Kapag iniiba Ko ang kapaligiran kung saan sila ay naninirahan, agad nilang inihahagis ang “sanggol” sa isang tabi at tumatakas nang nahihiya. Sa mga mata ng mga tao, Ako ang tulong na laging naroon sa anumang oras o lugar, na para bang isa Akong serbidor na dumarating sa oras na siya ay tinawag. Kaya palagi Akong

“tinitingala” ng mga tao, na para bang mayroon Akong walang-hanggang kapangyarihan upang labanan ang sakuna, at kaya palagi nilang hinahawakan ang Aking kamay, dinadala Ako sa mga paglalakbay sa kabuuan ng lupa, upang maaaring makita ng lahat ng bagay na mayroon silang Pinuno, upang walang mangangahas na manlinlang sa kanila. Noon Ko pa nakikita ang panlalansi ng mga tao na isang “sorong nagtataglay ng pagiging maharlika ng isang tigre,” dahil “nagsisimula silang lahat sa kanilang negosyo,” nagnanais tumubo sa pamamagitan ng panlilinlang. Matagal Ko nang nakikita ang kanilang mapanira at malisyosong pakana, at ito ay dahil lamang sa hindi Ko lamang nais na saktan ang aming samahan. Hindi Ako gumagawa ng gulo nang walang dahilan—walang halaga o importansya roon. Ginagawa Ko lamang ang gawain na dapat Kong gawin alang-alang sa mga kahinaan ng mga tao; kung hindi, gagawin Ko silang abo at hahayaan silang hindi na mabuhay. Ngunit may kahulugan ang gawain na Aking isinasakatuparan, at kaya hindi magaan ang pagkastigo Ko sa mga tao. Sa kadahilanang ito kaya palaging nabibigyan ang mga tao ng kalayaan na pamahalaan ang kanilang katawan. Hindi nila sinusunod ang Aking kalooban, kundi lagi Akong nililinlang sa harap ng Aking hukuman. Napakatapang ng mga tao: Kapag pinagbabantaan sila ng lahat ng “kagamitan sa pagpapahirap,” hindi man lang sila nag-aalinlangan. Sa harap ng mga katotohanan, nananatili silang walang kakayahan na magbigay ng anumang katotohanan, at walang ginagawa kundi ang mahigpit na manlaban sa Akin. Kapag hinihingi Ko na ilabas nila ang lahat ng marumi, nagpapakita pa rin sila sa Akin ng dalawang kamay na walang dala—paanong hindi ito magagamit ng iba bilang isang “halimbawa”? Ito ay dahil ang “pananampalataya” ng mga tao ay labis na dakila kung kaya’t sila ay “kahanga-hanga.”

Nagsimula na Ako sa Aking gawain sa kabuuan ng sansinukob; biglang nagigising ang mga tao sa sansinukob, at gumagalaw nang paikot sa gitna, na siyang Aking gawain, at kapag “naglalakbay” Ako sa loob ng mga ito, tumatakas ang lahat sa pang-aalipin ni Satanas, at hindi pinahihirapan sa gitna ng pamiminsala ni Satanas. Dahil sa pagdating ng Aking araw, napupuno ng kasiyahan ang mga tao, nawawala ang lungkot sa kanilang mga puso, ang mga ulap ng kalungkutan sa kalangitan ay nagiging oxygen at lumulutang doon, at sa sandaling ito, tinatamasa Ko ang kasiyahan ng pagiging kasama ng tao. Binibigyan Ako ng mga gawa ng tao ng isang bagay na mananamnam, at kaya hindi na Ako agrabyado. At, kasama ng pagdating ng Aking araw, muling nakakamit ng mga bagay sa mundo na may sigla ang ugat ng kanilang pag-iral, muling nabubuhay ang lahat ng bagay sa mundo, at tinatanggap nila Ako bilang batayan ng kanilang pag-iral, dahil idinudulot Ko na ang mga bagay ay magningning nang may buhay, at kaya idinudulot Ko rin na sila ay mawala nang tahimik. Samakatuwid, naghihintay ang lahat ng bagay ng mga kautusan mula sa Aking bibig, at nasisiyahan sa Aking ginagawa at sinasabi. Sa lahat ng bagay, Ako ang Kataas-taasan—ngunit naninirahan din Ako kasama ng lahat ng tao, at ginagamit Ko ang mga gawa ng tao bilang mga pagpapamalas ng Aking paglikha ng langit at lupa. Kapag nagbibigay ang

mga tao ng dakilang papuri sa Akin, nadadakila Ako sa lahat ng bagay, at kaya naman tumutubo nang mas maganda sa ilalim ng araw ang mga bulaklak sa lupa, nagiging mas luntian ang mga damo, at tila mas asul ang mga ulap sa langit. Dahil sa Aking tinig, tumatakbo ang mga tao nang paroon at parito; ngayon, napupuno ng kaligayahan ang mga mukha ng mga tao sa Aking kaharian, at umuusbong ang kanilang buhay. Gumagawa Ako kasama ng lahat ng Aking hinirang na mga tao, at hindi Ko pinahihintulutan ang Aking gawain na mabahiran ng mga ideya ng tao, dahil personal Kong isinasagawa ang Aking gawain. Kapag gumagawa Ako, nagbabago at napapanibago ang mga kalangitan at lupa at ang lahat ng narito, at kapag nakumpleto Ko na ang Aking gawain, lubos na napapanibago ang tao, hindi na siya namumuhay sa pagkabalisa dahil sa Aking hinihingi, dahil maaaring marinig sa buong mundo ang mga tunog ng kasiyahan, at kinukuha Ko ang oportunidad na ito upang magkaloob sa tao ng mga biyaya na ibinibigay Ko sa kanya. Kapag Ako ang Hari ng kaharian, natatakot ang mga tao sa Akin, ngunit kapag Ako ang Hari kasama ng tao, at naninirahan Ako kasama ang tao, walang nakikitang kasiyahan ang mga tao sa Akin, dahil napakasama ng kanilang mga kuru-kuro sa Akin, kaya masyado nang nakabaon nang malalim ang mga ito kung kaya't mahirap nang alisin. Dahil sa ipinapakita ng tao, ginagawa Ko ang Aking gawain, na siyang tama, at kapag umaakyat Ako sa langit at ipinamamalas ang Aking poot sa tao, agad na nagiging abo ang iba't ibang opinyon ng mga tao ukol sa Akin. Hinihingi Ko na magsalita sila ng marami pa tungkol sa kanilang mga kuru-kuro sa Akin, pero nabigla sila na hindi na makapagsalita, na para bang wala sila nito, at na para bang mapagpakumbaba sila. Habang mas naninirahan Ako sa mga kuru-kuro ng mga tao, lalo nila Akong minamahal, at habang mas lalo Akong naninirahan sa labas ng mga kuru-kuro ng mga tao, lalo nila Akong nilalayuan, at nagkakaroon sila ng mas maraming opinyon ukol sa Akin, dahil, mula noong nilikha Ko ang daigdig hanggang ngayon, palagi na Akong naninirahan sa mga kuru-kuro ng mga tao. Kapag dumarating Ako sa mga tao ngayon, iwinawaksi Ko ang lahat ng kuru-kuro ng mga tao, at kaya tumatangi lamang ang mga tao—ngunit mayroon Akong naaangkop na mga pamamaraan upang iwasto ang kanilang mga kuru-kuro. Hindi dapat mag-alala o maging balisa ang mga tao; ililigtas Ko ang buong sangkatauhan sa pamamagitan ng mga sarili Kong pamamaraan, na gagawin ang lahat ng tao na mahalín Ako, at tutulutan silang matamasa ang Aking mga biyaya sa langit.

Abril 17, 1992

Kabanata 34

Minsan ay inanyayahan Ko ang tao bilang panauhin sa Aking sambahayan, subalit nagparoo't parito siya dahil sa Aking mga tawag—na para bang, sa halip na anyayahan siya bilang isang panauhin, nadala Ko siya sa dakong bitayan. Sa gayon, naiwang walang laman ang Aking sambahayan, sapagkat iniwasan Ako palagi ng tao, at lagi siyang naging maingat laban sa Akin. Iniwan Ako nitong walang paraan para isagawa ang bahagi ng Aking gawain, ibig sabihin, kinailangan Kong bawiin ang piging na naihandang Ko para sa kanya, sapagkat ayaw ng tao na matamasa ang piging na ito, kaya nga hindi Ko siya pinilit. Subalit biglang natagpuan ng tao ang kanyang sarili na dumaranas ng gutom, kaya kumatok siya sa Aking pintuan na hinihingi ang Aking tulong—nang makitang matindi ang kanyang pangangailangan, paanong hindi Ko siya ililigtas? Sa gayon, minsan pa Akong naglatag ng piging para sa tao, upang matamasa niya ito, at saka lamang niya nadarama kung gaano Ako kahanga-hanga, at sa gayon ay umaasa siya sa Akin. Unti-unti, dahil sa Aking saloobin sa kanya, natutuhan niya Akong mahal in “nang walang mga pag-aalinlangan,” at hindi na siya naghihinala na ipadadala Ko siya sa “lupaing pinagsusunugan ng mga bangkay,” sapagkat hindi ito ang Aking kalooban. Kaya nga, matapos makita ang Aking puso, saka lamang tunay na umaasa ang tao sa Akin, na nagpapakita kung gaano siya “kaingat.” Subalit hindi Ako maingat sa tao dahil sa kanyang panlilinlang, kundi sa halip ay inaantig Ko ang puso ng mga tao sa Aking mainit na yakap. Hindi ba ito ang Aking ginagawa sa kasalukuyan? Hindi ba ito ang naipapamalas sa mga tao sa kasalukuyang yugto? Bakit kaya nilang gumawa ng gayong mga bagay? Bakit taglay nila ang gayong damdamin? Dahil ba tunay nila Akong kilala? Dahil ba talagang walang hangganan ang pagmamahal nila sa Akin? Hindi Ko pinipilit ang sinuman na mahal in Ako, kundi binibigyan Ko lamang sila ng kalayaang gumawa ng sarili nilang pagpili; dito, hindi Ako nakikialam, ni hindi Ko sila tinutulungang gumawa ng mga pagpili tungkol sa kanilang kapalaran. Naitakda na ng mga tao ang kanilang matibay na pagpapasya sa Aking harapan, dinala na nila ito sa Aking harapan upang masuri Ko, at nang buksan Ko ang bag na naglalaman ng “matibay na pagpapasya ng tao,” may nakita Akong mga bagay-bagay sa loob, na bagama't halu-halo, medyo “sagana.” Tiningnan Ako ng mga tao na nanlalaki ang mga mata, takot na takot na baka bigla Kong alisin ang kanilang matibay na pagpapasya. Ngunit dahil sa kahinaan ng tao, hindi Ako gumawa ng paghatol sa pinakasimula, at sa halip ay isinara Ko ang bag at patuloy na ginawa ang kailangan Kong gawin. Ang tao, gayunman, ay hindi pumapasok sa Aking patnubay sa harap ng Aking gawain, kundi patuloy na nag-aalala kung napuri Ko na ang kanyang matibay na pagpapasya. Napakarami Ko nang nagawang gawain at napakarami Ko nang nasambit na salita, ngunit hanggang sa araw na ito, nananatiling walang kakayahan ang tao na maintindihan ang Aking kalooban, at sa gayon ay iniwan Akong naguguluhan ng bawat nakalilito niyang kilos. Bakit lagi siyang walang kakayahang maintindihan ang Aking kalooban, at padalus-dalos niyang

ginagawa ang mga bagay-bagay ayon sa gusto niya? Nakaranas na ba ng matinding dagok ang kanyang utak? Hindi kaya niya nauunawaan ang mga salitang Aking sinasabi? Bakit lagi siyang kumikilos nang nakadiretso ang tingin, ngunit hindi niya kayang tahakin ang isang landas at magpakita ng halimbawa sa mga tao ng hinaharap? Mayroon bang nagpakita ng halimbawa kay Pedro? Hindi ba dahil sa Aking patnubay kaya nanatiling buhay si Pedro? Bakit hindi ito kayang gawin ng mga tao ngayon? Bakit, pagkatapos magkaroon ng isang halimbawang susundan, hindi pa rin nila makayang mapalugod ang Aking kalooban? Nagpapakita ito na wala pa ring tiwala sa Akin ang tao, na siyang humantong sa mahihirap na sitwasyon ng ngayon.

Nasisiyahan Akong masdan ang maliliit na ibong lumilipad sa himpapawid. Bagama't hindi pa sila nagtakda ng kanilang matibay na pagpapasya sa Aking harapan at walang mga salitang “mailaan” sa Akin, nakasusumpong sila ng kasiyahan sa mundong naibigay Ko sa kanila. Gayunman, hindi ito kaya ng tao, at puno ng kalungkutan ang kanyang mukha—may utang kaya Ako sa kanya na hindi Ko mabayaran? Bakit laging may bahid ng mga luha sa kanyang mukha? Hinahangaan Ko ang mga liryong namumukadkad sa kaburulan; umaabot ang mga bulaklak at damo patawid sa mga dalisdis, ngunit nagdaragdag ng kislap ang mga liryo sa Aking kaluwalhatian sa lupa bago sumapit ang tagsibol—makakamit ba ng tao ang gayong mga bagay? Maaari kaya siyang magpatotoo sa Akin sa lupa bago Ako bumalik? Maiaalay kaya niya ang kanyang sarili alang-alang sa Aking pangalan sa bansa ng malaking pulang dragon? Parang ang Aking mga pagbigkas ay puno ng mga kinakailangan sa tao—kinamumuhian niya Ako dahil sa mga kinakailangang ito; takot siya sa Aking mga salita dahil napakahina ng kanyang katawan, at una sa lahat ay wala siyang kakayahang isagawa ang Aking hinihingi. Kapag binuksan Ko ang Aking bibig, nakikita Ko ang mga tao sa lupa na nagtatakbuhan sa lahat ng direksyon, na parang sinusubukang matakasan ang taggutom. Kapag tinatakpan Ko ang Aking mukha at ipinipihit Ko ang Aking katawan, natatakot kaagad ang mga tao. Hindi nila alam kung ano ang gagawin, sapagkat takot silang umalis Ako; sa kanilang mga kuru-kuro, ang araw ng Aking pag-alis ay magiging araw kung kailan bababa ang sakuna mula sa langit, ang araw kung kailan magsisimula ang kanilang kaparusahan. Subalit ang Aking ginagawa ay kabaligtaran mismo ng mga kuru-kuro ng tao; hindi pa Ako kumilos kailanman ayon sa mga kuru-kuro ng tao, at hindi Ko pa tinulutan ang kanyang mga kuru-kuro na umayon sa Akin. Ang panahon kung kailan Ako kumikilos ay kung kailan mismo inilalantad ang tao. Sa madaling salita, hindi masusukat ang Aking mga kilos ayon sa mga kuru-kuro ng tao. Mula sa panahon ng paglikha hanggang ngayon, walang sinumang nakatuklas kailanman ng isang “bagong kontinente” sa mga bagay na Aking ginagawa; wala pang sinumang nakaintindi sa mga batas na pinagbabatayan ng Aking pagkilos, at wala pang sinumang nakapagbukas ng bagong daan palabas. Sa gayon, ang mga tao ngayon ay nananatiling walang kakayahang pumasok sa tamang landas—ito mismo ang kulang sa kanila, at ito ang dapat nilang pasukin. Mula sa panahon ng paglikha hanggang ngayon, hindi pa Ako

kailanman nakapagsimula sa gayong proyekto. Nagdagdag lamang Ako ng ilang bagong piraso sa Aking gawain sa mga huling araw. Subalit kahit sa ilalim ng gayong malilinaw na sitwasyon, wala pa ring kakayahan ang mga tao na maintindihan ang Aking kalooban—hindi ba ito mismo ang kulang sa kanila?

Pagkatapos Kong pumasok sa bagong gawain, may bago Akong mga kinakailangan sa tao. Para sa tao, parang hindi nagkaroon ng epekto ang mga kinakailangan noong araw, kaya nakakalimutan niya ang mga iyon. Ano ang bagong kaparaanan ng Aking paggawa? Ano ang hinihingi Ko sa tao? Nasusukat ng mga tao mismo kung ang ginawa nila noong araw ay naaayon sa Aking kalooban, at kung nakaayon sa Aking hiningi ang kanilang mga kilos. Hindi na kailangang siyasatin Ko pang isa-isa ang lahat; naiintindihan nila ang kanilang sariling tayog, kaya nga sa kanilang isipan, malinaw sa kanila kung hanggang saan sila makakakilos, at hindi Ko na kailangang sabihin pa sa kanila nang tahasan. Kapag nagsasalita Ako, marahil, may ilang taong matitisod; sa gayon, iniwasan Ko nang sabihin ang bahaging ito ng Aking mga salita upang hindi manghina ang mga tao dahil dito. Hindi ba higit ang pakinabang nito sa hangarin ng tao? Hindi ba higit ang pakinabang nito sa pag-unlad ng tao? Sino ang hindi umaasam na kalimutan ang kanilang nakaraan at magsikap na sumulong? Dahil Ako ay “hindi nag-iisip,” hindi Ko alam kung nauunawaan ng mga tao na ang kaparaanan ng Aking pagsasalita ay nakapasok na sa isang bagong dako. Dagdag pa rito, dahil masyado Akong “abala” sa Aking gawain, hindi Ako nagkaroon ng panahong magtanong kung nauunawaan ng mga tao ang tono ng Aking pagsasalita. Sa gayon, hinihingi Ko lamang na maging mas maunawain ang mga tao sa Akin. Dahil masyado Akong “abala” sa Aking gawain, hindi Ko personal na nabibisita ang mga himpilan ng Aking gawain upang pamahalaan ang mga tao, kaya nga “kakaunti ang pagkaunawa” Ko tungkol sa kanila. Sa kabuuan, kahit ano pa ang ibang mangyari, sinimulan Ko na ngayong akayin ang tao na pormal na pumasok sa isang bagong simula tungo sa isang bagong pamamaraan. Sa lahat ng Aking pagbigkas, nakita na ng mga tao na may nakakatuwa, nakakatawa, at isang partikular na malakas na tono ng pangungutya sa Aking sinasabi. Sa gayon, naputol ang pagkakasundo sa pagitan Ko at ng tao nang hindi namamalayan, kaya may makakapal na ulap na nakatakip sa mukha ng mga tao. Gayunman, hindi Ako napigilan nito, kundi patuloy Ako sa Aking gawain, sapagkat lahat ng Aking sinasabi at ginagawa ay mahalagang bahagi ng Aking plano; lahat ng sinasambit mula sa Aking bibig ay tumutulong sa tao, at wala Akong ginagawa na walang-halaga; lahat ng ginagawa Ko ay nakakasigla sa lahat ng tao. Ito ay dahil ang tao ay nagkukulang kaya nagpaubaya Ako at nagpatuloy sa pagsasalita. May ilang tao, marahil, na desperadong naghihintay na gumawa Ako ng mga bagong kinakailangan sa kanila. Kung gayon, bibigyan Ko ng kasiyahan ang kanilang mga pangangailangan. Ngunit may isang bagay Akong kailangang ipaalala sa inyo: Kapag nagsasalita Ako, umaasa Ako na nagtatamo ang mga tao ng mas maraming kabatiran. Umaasa Ako na sila ay maging higit na mapaghiwatig, upang magtamo sila ng mas marami mula sa Aking mga salita at sa gayon ay matupad

ang Aking mga kinakailangan. Dati-rati, sa mga iglesia, ang tuon ng mga tao ay ang maiwasto at madurog. Ang pagkain at pag-inom ng Aking mga salita ay nakasalig sa pundasyon ng pag-unawa sa mga mithiin at pinagmumulan ng mga iyon—ngunit ngayon ay hindi katulad ng nakaraan, at lubos na walang kakayahan ang mga tao na maintindihan ang pinagmumulan ng Aking mga pagbigkas, at sa gayon ay wala silang pagkakataong maiwasto at madurog Ko, sapagkat nagugol nila ang lahat ng kanilang lakas sa pagkain at pag-inom lamang ng Aking mga salita. Ngunit kahit sa ilalim ng mga sitwasyong ito, nananatili silang walang kakayahang bigyang-kasiyahan ang Aking mga hinihingi, kaya nga gumagawa Ako ng mga bagong kahilingan sa kanila: Hinihingi Ko na pumasok sila sa mga pagsubok na kasama Ko, na pumasok sila sa pagkastigo. Subalit ipinaalala Ko sa iyo ang isang bagay: Hindi ito paglalagay sa tao sa kamatayan, kundi sa halip ay ito ang kinakailangan ng Aking gawain, sapagkat, sa kasalukuyang yugto, masyadong hindi maintindihan ng tao ang Aking mga salita, at hindi kaya ng tao na makipagtulungan sa Akin—walang anumang magagawa! Ang kaya Ko lamang gawin ay papasukin ang tao sa bagong pamamaraan kasama Ko. Ano pa ba ang ibang gagawin? Dahil sa mga kakulangan ng tao, kailangan Ko ring pumasok sa daloy na pinapasukan ng tao—hindi ba’t Ako ang gagawang perpekto sa mga tao? Hindi ba’t Ako ang nagbalangkas ng planong ito? Bagama’t hindi mahirap ang iba pang kailangan, hindi ito pumapangalawa sa nauna. Ang Aking gawain sa grupo ng mga tao ng mga huling araw ay isang proyektong hindi pa kailanman nangyari, at sa gayon, upang mapuno ng Aking kaluwalhatian ang kosmos, lahat ng tao ay dapat magdusa ng huling paghihirap para sa Akin. Nauunawaan mo ba ang Aking kalooban? Ito ang huling hinihingi Ko sa tao, na ibig sabihin, umaasa Ako na lahat ng tao ay makapagpatotoo nang malakas at matunog sa Akin sa harap ng malaking pulang dragon, na maialay nila ang kanilang sarili sa Akin sa huling pagkakataon, at matupad ang Aking mga kinakailangan sa huling pagkakataon. Talaga bang magagawa ninyo ito? Hindi ninyo kinayang palugurin ang Aking puso noong araw—maaari kaya ninyong putulin ang huwarang ito sa huling pagkakataon? Binibigyan Ko ang mga tao ng pagkakataong magbulay-bulay; hinahayaan Ko silang magnilay-nilay na mabuti bago Ako sagutin sa huli—mali bang gawin ito? Hinihintay Ko ang tugon ng tao, hinihintay Ko ang kanyang “liham ng pagtugon”—mayroon ba kayong pananampalatayang tuparin ang Aking mga kinakailangan?

Abril 20, 1992

Kabanata 35

Nagsimula na Akong isakatuparan ang Aking gawain sa gitna ng sangkatauhan, tinutulutan ang mga taong mamuhay sa parehong daloy kasama Ko. Kapag natapos Ko na ang Aking gawain, mananatili Akong kasama ng sangkatauhan, sapagkat sila ang

mga pinag-uukulan ng Aking pangangasiwa sa Aking buong plano ng pamamahala, at Aking inaasam na maging mga panginoon sila ng lahat ng bagay. Dahil dito, patuloy Akong lumalakad sa gitna ng sangkatauhan. Habang ang sangkatauhan at Ako ay pumapasok sa kasalukuyang kapanahunan, nakadarama Ako ng lubos na kaginhawahan, dahil ang pagtakbo ng Aking gawain ay bumilis. Paano makasabay ang mga tao? Nakagawa na Ako ng maraming gawain sa mga taong manhid at mahina ang isip, gayunman ay halos wala silang natamo dahil hindi nila Ako itinatangi. Nanahan Ako sa gitna ng lahat ng tao at namasdan ang bawat galaw nila saan man sila naroroon, kapwa sa ibabaw ng lupa at sa ilalim. Lahat ng inilagay sa kategorya bilang “mga tao” ay lumalaban sa Akin, na para bang ang “paglaban sa Akin” ang kanilang trabaho, na tila kapag hindi nila isinakatuparan ang trabahong ito ay magiging mga ulilang palaboy sila na walang sinumang umaampon. Gayunman, hindi Ko basta-basta sinesentensyahan ang mga tao batay sa kanilang mga pagkilos at asal. Sa halip, sinusuportahan at tinutustusan Ko sila ayon sa kanilang tayog. Dahil ang mga tao ang pangunahing tauhan ng Aking buong plano ng pamamahala, iniuukol Ko ang higit na paggabay sa mga gumaganap ng papel na “tao” upang magampanan nila ito nang buong-puso at sa pinakamahusay nilang kakayahan, at upang ang palabas na ito kung saan ay Ako ang direktor ay maging ganap na matagumpay. Ito ang Aking panawagan sa sangkatauhan. Kung hindi ako nanalangin para sa sangkatauhan, hindi ba nila magagampanan ang kanilang papel? Ang kaso ba ay kaya Kong tuparin kung ano ang hinihiling sa Akin ng mga tao, ngunit hindi nila kayang tuparin ang hinihingi Ko sa kanila? Maaaring sabihin na hindi Ko ginagamit ang Aking lakas para pagmalupitan ang sangkatauhan. Sa halip, ito ang Aking huling pakiusap, na marubdob at taimtim Akong nagmamakaawa sa kanila. Tunay bang hindi nila kayang gawin ang Aking hinihingi? Maraming taon na Akong nagbibigay sa mga tao, gayunma’y wala Akong natanggap na kapalit. Sino na ang nakapagbigay sa Akin ng anuman? Ang Akin bang dugo, pawis, at mga luha ay tulad lamang ng mga ulap sa kabundukan? Nabigyan Ko na ang mga tao ng “pagbabakuna” nang maraming ulit, at sinabi sa kanila na ang Aking mga hinihingi sa kanila ay hindi mahigpit. Kung gayon, bakit patuloy Akong iniwasan ng mga tao? Ito ba ay dahil sa ituturing Ko sila na gaya ng mga sisiw, na papatayin sa sandaling sila ay mahuli? Ako ba talaga ay napakalupit at hindi-makatao? Lagi Akong sinusukat ng mga tao batay sa kanilang sariling mga kuru-kuro. Ako ba, bilang Ako sa kanilang mga kuru-kuro, ay katulad ng kung ano Ako sa langit? Hindi Ko itinuturing ang mga kuru-kuro ng mga tao na mga bagay para sa Aking kasiyahan. Sa halip, nakikita Ko ang kanilang mga puso bilang mga bagay na dapat mapahalagahan. Gayunpaman, nadarama Kong punung-puno na Ako sa kanilang mga konsensya, dahil ayon sa kanila, Ako Mismo ay wala noon. Dahil dito, mayroon pa Akong ilang opinyon tungkol sa kanilang mga konsensya. Gayunpaman, ayaw Kong pulaan ang kanilang mga konsensya nang tuwiran; sa halip, patuloy Ko silang ginagabayan nang matiyaga at sistematiko. Sa kabila ng lahat, ang mga tao ay mahina, at hindi kayang magsakatuparan ng anumang gawain.

Ngayong araw, Ako ay opisyal na humakbang tungo sa dako ng walang-hanggang pagkastigo, na nasisiyahan Akong gawin sa tabi ng sangkatauhan. Nag-uutos Ako sa pamamagitan ng Aking kamay, at sa ilalim ng Aking pamamahala, ang sangkatauhan ay mabuti ang asal; walang sinumang nangangahas na salungatin Ako. Ang lahat ay nasa ilalim ng Aking paggabay, isinasakatuparan ang gawaing Aking iniatas, dahil ito ang kanilang “trabaho.” Sa lahat ng bagay sa langit at sa ilalim ng langit, sino ang hindi nagpapasakop sa Aking mga plano? Sino ang hindi Ko hawak? Sino ang hindi bumibigkas ng papuri at pagtataas para sa Aking mga salita at sa Aking gawain? Hinahangaan ng mga tao ang Aking mga gawa at mga pagkilos, kaya ibinubuhos nila ang kanilang mga sarili sa daloy ng Aking gawain dahil sa bawat galaw Ko. Sino ang kayang pakawalan ang kanilang mga sarili? Sino ang maaaring makatakas mula sa gawaing Aking isinaayos? Sa pamamagitan ng Aking mga atas administratibo, ang mga tao ay napipilitang manatili; kung wala nito, lahat sila ay palihim nang nakaurong mula sa “unahang hanay” at naging “mga kawal na tumalikod.” Sino ang hindi takot sa kamatayan? Magagawa ba talaga ng mga tao na ilagay ang kanilang mga sariling buhay sa bingit ng kamatayan? Ako ay hindi namimilit ng kahit sino, dahil matagal Ko nang natamo ang lubusang pagkaunawa sa kalikasan ng tao. Kaya, Ako ay palaging nagsasagawa ng mga proyekto na hindi kailanman nagawa dati ng mga tao. Dahil walang sinumang makakapagsakatuparan ng Aking gawain, sumabak Ako sa labanan nang personal upang makibahagi sa isang pakikipagtunggali ng buhay at kamatayan laban kay Satanas. Sa kasalukuyan, si Satanas ay sukdulan ang paglaganap. Bakit hindi Ko sinasamantala ang pagkakataong ito upang ipakita ang tuon ng Aking gawain at ibunyag ang Aking kapangyarihan? Gaya ng nasabi Ko noong una, ginagamit Ko ang panlilinlang ni Satanas bilang Aking panghambing; hindi ba ito ang pinakamagandang pagkakataon? Ngayon lamang Ako nakakangiti nang nasisiyahan, sapagkat nakamit Ko ang Aking minimithi. Hindi na Ako magpapaikut-ikot sa paghingi ng “tulong” sa mga tao. Huminto na Ako sa pag-aabala, at hindi na namumuhay bilang isang palaboy. Mula ngayon, mamumuhay Ako sa kapayapaan. Ang mga tao ay magiging ligtas din at maayos, sapagkat ang Aking araw ay dumating na. Sa lupa, namuhay Ako nang abala bilang isang tao, isang pamumuhay kung saan ay maraming kawalang-katarungan ang tila naganap. Sa paningin ng mga tao, nakibahagi Ako sa kanilang mga kagalakan at mga kalungkutan, gayundin sa kanilang mga kahirapan. Tulad ng mga tao, Ako rin ay namuhay sa lupa at sa ilalim ng langit. Samakatuwid, palagi nila Akong nakita bilang isang taong nilalang. Dahil hindi nakita ng mga tao kung ano Ako sa langit, hindi nila Ako kailanman pinagkaabalahan. Gayunpaman, sa gitna ng kasalukuyang sitwasyon, walang pagpipilian ang mga tao kundi ang aminin na Ako ang Panginoon ng kanilang kapalaran at ang tagapagsalita na nagtatalumpati mula sa mga ulap. Ang mga tao samakatuwid ay iniyukod ang kanilang mga ulo sa lupa sa harap Ko sa pagsamba. Hindi ba ito ang patunay ng Aking matagumpay na pagbabalik? Hindi ba ito isang pagsasalarawan ng Aking tagumpay laban sa lahat ng puwersa ng kalaban? Lahat ng

tao ay nagkaroon ng mga kutob na ang mundo ay darating na sa katapusan, at ang sangkatauhan ay sasailalim sa matinding paglilinis. Gayunpaman, sa katotohanan ay hindi nila makakayang kusang isakatuparan kung ano ang hinihingi Ko sa kanila, kaya wala silang pagpipilian kundi tumangis sa ilalim ng Aking pagkastigo. Ano ang maaaring gawin? Sino ang nagsabi sa mga taong ito na maging suwail? Sino ang nagsabi sa kanila na pumasok sa huling kapanahunan? Bakit sila ipinanganak sa mundo ng mga tao sa mga huling araw? Ang bawat isang bagay ay Aking isinasaayos at ipinlano nang personal. Sino ang maaaring dumaing?

Simula sa paglikha ng mundo, nakapaglibot na Ako sa gitna ng sangkatauhan, sinasamahan sila sa kanilang pamumuhay sa lupa. Gayunpaman, sa mga sinusundang salinlahi, wala Akong hinirang ni isa mang tao; ang lahat ay tinanggihan ng Aking tahimik na liham. Ito ay dahil ang mga tao noon ay hindi eksklusibong naglingkod sa Akin, kaya bilang ganti ay hindi Ko rin sila minahal nang bukod-tangi. Kinuha nila ang mga “regalo” ni Satanas at pagkatapos ay tumalikod at inialay ang mga iyon sa Akin. Hindi ba ito mapanirang-puri laban sa Akin? At habang iniaalay ang kanilang mga handog, hindi Ko ibinunyag ang Aking pagkasuklam; sa halip, sinubukan Kong gamitin ang kanilang pakana sa kanila sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga “regalo” na ito sa mga materyales na ginagamit sa Aking pamamahala. Kalaunan, sa sandaling naproseso ang mga iyon ng makina, Aking susunugin ang lahat ng lalabas na basura. Sa kasalukuyang kapanahunan, ang mga tao ay hindi nag-aalay sa Akin ng maraming “regalo,” bagama’t hindi Ko sila sinisisi dahil dito. Ang mga taong ito ay palaging hikahos at walang-wala; kaya matapos mamasdan ang realidad ng kanilang sitwasyon, hindi Ko sila kailanman isinailalim sa anumang di-makatwirang mga hinihingi simula nang naparito Ako sa mundo ng tao. Sa halip, pagkatapos na mabigyan sila ng mga “materyales,” hinanap Ko ang “produktong bunga” na nais Ko, sapagkat ito ang hangganan ng kayang makamit ng mga tao. Gumugol Ako ng maraming taon sa paghihirap at natutuhan kung ano ang kahulugan ng mabuhay bilang isang tao, bago gumawa ng isang akmang kahilingan. Kung hindi Ko naranasan ang buhay ng tao, paano Ko mauunawaan ang mga bagay na mahirap para sa mga tao na talakayin? Gayunpaman, hindi ito nakikita ng mga tao sa ganitong paraan; sinasabi nila na Ako ang makapangyarihan sa lahat at higit sa karaniwan na Diyos Mismo. Hindi ba ito ang eksaktong kuru-kuro na kinimkim ng lahat ng tao sa buong kasaysayan, na kinikimkim nila magpahanggang ngayon? Sinabi Ko na sa lupa, walang sinuman ang tunay at lubos na makakakilala sa Akin. Ang sinabi Kong ito ay mayroong mga ipinakakahulugan; ito ay hindi lamang hungkag na pananalita. Aking naranasan at napagmasdan ito Mismo, kaya mayroon Akong pagkaunawa tungkol sa mga detalye. Kung hindi Ako bumaba sa mundo ng mga tao, sino ang magkakaroon ng pagkakataong makilala Ako? Sino ang makakapakinig nang personal sa Aking mga salita? Sino ang makakakita sa Aking anyo sa gitna nila? Simula pa sa sinaunang mga panahon, nanatili Akong nakatago sa mga ulap. Hinulaan Ko sa simula pa lamang: “Ako ay bababa sa mundo ng mga tao sa mga huling araw upang magsilbing kanilang

halimbawa.” Ito ang dahilan kung bakit tanging ang mga tao ngayon ang mapalad na napapalawak ang kanilang natatanaw. Hindi ba ito isang kabaitan na ipinagkaloob Ko sa kanila? Hindi ba talaga nila kayang maunawaan ang Aking biyaya? Bakit ang mga tao ay napakamanhid at mahina ang isip? Malayo na ang kanilang narating; bakit hindi pa rin sila natatauhan? Maraming taon na Akong naririto sa mundo, ngunit sino ang nakakakilala sa Akin? Hindi nakapagtataka na kinakastigo Ko ang mga tao. Tila sila ang mga kinauukulan ng paggamit Ko ng Aking awtoridad; tila sila ang mga bala sa Aking baril na sa sandaling paputukin Ko ito ay “tatakas” ang lahat. Ito ang nasa imahinasyon ng mga tao. Palagi Kong iginagalang ang mga tao; kailanman ay hindi Ko sila walang habas na pinagsamantalahan o ipinagbili na parang mga alipin. Ito ay dahil hindi Ko sila maiiwan, ni hindi nila Ako maiiwan. Kaya isang bigkis ng buhay at kamatayan ang nabuo sa pagitan namin. Palagi Kong pinahahalagahan ang sangkatauhan. Bagama’t hindi Ako kailanman itinangi ng sangkatauhan, lagi silang nakatingin sa Akin, na siyang dahilan kaya patuloy Akong nagsisikap para sa kanila. Mahal Ko ang mga tao tulad ng sarili Kong kayamanan, dahil sila ang “puhunan” ng Aking pamamahala sa lupa; samakatuwid ay tiyak na hindi Ko sila lilipulin. Ang Aking kalooban sa mga tao ay hindi kailanman magbabago. Magagawa ba nilang tunay na magtiwala sa Aking pangako? Paano nila Ako mabibigyang-kasiyahan para sa Aking kapakanan? Ito ang gawain para sa buong sangkatauhan; ito ang “takdang-aralin” na ibinigay Ko sa kanila. Aking inaasahan na silang lahat ay masigasig na gagawa upang tapusin ito.

Abril 23, 1992

Kabanata 36

Ang lahat ng bagay ay isinasaayos ng Aking kamay. Sino ang nangangahas na gawin kung ano ang kanilang ikinasisiya? Sino ang maaaring makapagbago nito nang madali? Ang mga tao’y lumulutang sa hangin, gumagalaw gaya ng paggalaw ng alikabok, ang kanilang mga mukha ay nadungisan at ginagawa silang di-kanais-nais mula ulo hanggang paa. Ako’y nagmamasid mula sa mga ulap na may mabigat na puso: Bakit ang tao, na minsan nang naging puno ng kasiglahan, ay naging ganito? Bakit hindi niya ito namamalayan, at hindi ito nararamdaman? Bakit niya “binibitawan ang kanyang sarili” at hinahayaan ang kanyang sarili na mabalutan ng karumihan? Ganito ang kanyang kakulangan ng pagmamahal at paggalang sa kanyang sarili. Bakit laging iniwasan ng tao ang Aking hinihingi? Talaga bang malupit Ako at di-makatao sa kanya? Talaga bang kumikilos Ako nang walang pakundangan at di-makatwiran? Kung gayon bakit laging tumitingin sa Akin ang mga tao na nanlilisik ang mga mata? Bakit lagi nila Akong kinamumuhian? Nadala Ko ba sila sa dulo ng daan? Kailanman ay hindi nakatuklas ang tao ng anuman sa Aking pagkastigo, sapagkat wala siyang ginagawa

kundi ang hawakan ang pamatok sa kanyang leeg gamit ang dalawang kamay, ang mga mata’y nakatitig sa Akin, na para bang nakabantay sa isang kaaway—at sa sandaling ito Ko lamang napansin kung gaano siya kapayat. Dahil dito kaya Aking sinasabi na walang sinuman ang matatag na nakatayo sa gitna ng mga pagsubok. Hindi ba’t ang tayog ng tao ay talagang ganito? Kailangan Ko bang sabihin sa kanya ang mga numero para sa kanyang “mga sukat”? Ang “taas” ng tao ay hindi hihigit kaysa roon sa isang maliit na bulate na kumikislot-kislot sa lupa, at ang kanyang “dibdib” ay kasinglapad lamang sa isang ahas. Hindi Ko minamaliit ang tao rito—hindi ba’t ang mga ito ang eksaktong sukat ng kanyang tayog? Hinamak Ko ba ang tao? Ang tao ay gaya ng isang batang masayang naglalaro. May mga sandali pa nga na siya’y nakikipaglaro sa mga hayop, gayunma’y nananatili siyang masaya; at tulad siya ng isang pusa na namumuhay na walang pakialam o alalahanin. Marahil ito ay dahil sa pamamatnubay ng Espiritu, o sa papel ng Diyos sa langit, kaya nakadarama Ako ng labis na kapaguran sa maluhong mga estilo ng pamumuhay ng mga tao sa lupa. Dahil sa buhay ng tao—na tulad sa isang parasito—ay tumaas nang kaunti ang Aking “interes” sa mga salitang “buhay ng tao,” kaya’t Ako ay nagkaroon ng kaunting dagdag na “paggalang” sa buhay ng tao. Sapagkat tila ang tao lamang ang may kakayahang lumikha ng isang buhay na may kabuluhan, samantalang hindi Ko kaya ito. Kaya ang magagawa Ko lamang ay tumakas patungo sa “kabundukan,” dahil hindi Ko kayang danasin at pagmasdan ang paghihirap ng tao. Gayunman ay agaran Akong pinipilit ng tao—wala Akong pagpipilian! Wala Akong magagawa kundi ang sundin ang mga pagsasaayos ng tao, kinukuha ang kabuuan ng mga karanasan kasama niya at dinaranas ang buhay ng tao na kaagapay niya. Sa langit, minsan na Akong naglibot sa buong lungsod, at sa ilalim ng langit, minsan na Akong naglibot sa lahat ng bansa. Gayunman ay walang sinumang nakatuklas sa Akin; narinig lamang nila ang kaluskos ng Aking paggalaw sa paligid. Sa mga mata ng mga tao, Ako ay dumarating at umaalis nang walang bakas o anino. Para bang Ako ay naging isang di-nakikitang idolo sa kanilang mga puso, gayunman ay hindi gayon ang pinaniniwalaan ng mga tao. Maaari kayang ang lahat ng ito ay hindi mga katotohanang ikinumpisal ng bibig ng tao? Sa puntong ito, sino ang hindi kumikilala na dapat silang makastigo? Makakaya pa ba ng mga taong itaas ang kanilang mga ulo sa harapan ng kongkretong patunay?

Gumagawa Ako ng “kasunduan sa negosyo” sa mga tao, pinapawi Ko ang lahat ng kanyang karumihan at di-pagkamatuwid, at sa gayong paraan ay “pinoproceso” siya upang maaari siyang maging kaayon ng Aking sariling puso. Gayunman ang pakikipagtulungan ng tao ay hindi maaaring mawala sa yugtong ito ng gawain, sapagkat siya ay laging lumulukso at tumatalon na gaya ng isang isdang kahuhuli pa lamang. Kaya, upang hadlangan ang anumang mga aksidente, pinatay Ko ang lahat ng “isda” na nahuli, matapos nito ay naging masunurin ang mga isda, at hindi nagkaroon ng kahit katiting na pagdaing. Kapag kailangan Ko ang tao, siya ay laging nakatago. Para bang hindi pa siya kailanman nakakita ng nakakamanghang mga tagpo, na para bang siya ay ipinanganak sa probinsiya

at walang alam sa mga usapin sa lungsod. Idinaragdag Ko ang Aking karunungan sa mga bahagi ng tao na nagkukulang, at idinudulot sa kanya na makilala Ako; dahil ang tao ay masyadong mahirap, Ako ay personal na dumarating sa gitna ng tao at ibinibigay sa kanya ang “landas tungo sa kayamanan,” at pinabubuksan ang kanyang mga mata. Hindi Ko ba siya inililigtas dito? Hindi ba ito ang Aking pagkahabag para sa tao? Ang pag-ibig ba ay pagbibigay nang walang kondisyon? Kung gayon, ang pagkamuhi ba ay pagkastigo? Naipaliwanag Ko na sa tao mula sa iba’t ibang mga pananaw, ngunit itinuturing niya ito na mga salita at mga doktrina lamang. Para bang ang Aking mga pagbigkas ay mga sirang kalakal, na ipinagbibili nang palugi sa mga kamay ng tao. Kaya kapag sinasabi Ko sa mga tao na isang malakas na bagyo ang paparating na magpapalubog sa kabahayan sa bundok, walang sinumang nag-iisip ng anuman tungkol dito, ilan lamang sa kanila ang naglilipat ng kanilang mga tahanan, ang kanilang mga puso ay nagdududa. Ang natitira ay hindi gumagalaw na parang walang-pakialam, na para bang Ako ay isang ibong langay-langayan mula sa himpapawid—wala silang nauunawaan sa Aking sinasabi. Kapag ang mga bundok ay gumuho at bumuka sa ilalim ang lupa ay saka lamang iniisip ng mga tao ang Aking mga salita, saka lamang sila nagigising mula sa kanilang mga panaginip, ngunit ang oras ay dumating na, sila ay lumulubog sa malaking baha, ang kanilang mga bangkay ay lumulutang sa ibabaw ng tubig. Pagkakita ng paghihirap sa mundo, napapabuntung-hininga Ako para sa kasawiang-palad ng tao. Gumugol Ako ng maraming panahon at nagbayad ng malaking halaga alang-alang sa kapalaran ng tao. Sa isipan ng mga tao, wala Akong daluyan ng luha—subalit Ako, itong “kakatwa” na walang daluyan ng luha, ay umiyak ng maraming luha para sa tao. Gayunman, ang tao ay walang nalalaman tungkol dito, nilalaro lamang niya ang mga laruan sa kanyang mga kamay sa lupa, na parang Ako ay hindi umiiral. Kaya sa mga pangyayari sa kasalukuyan, ang mga tao ay nananatiling manhid at mahina ang isip; sila ay “nagyeyelo” pa rin sa mga silong, na para bang sila ay nakahiga pa rin sa isang kuweba. Pagkakita sa mga kilos ng tao, ang pagpipilian Ko lamang ay ang umalis ...

Sa mga mata ng mga tao, marami Akong nagawa na mabuti para sa tao, at kaya tinitingnan nila Ako bilang isang huwaran para sa kasalukuyang panahon. Gayunman, hindi nila Ako itinuring na Kataas-taasang Pinuno ng kapalaran ng tao at ang Lumikha ng lahat ng bagay. Tila ba hindi nila Ako nauunawaan. Bagaman ang mga tao ay minsan nang sumigaw ng “Mabuhay ang pagkaunawa,” walang sinuman ang gumugol ng maraming oras sa pagsusuri sa salitang “pagkaunawa,” na nagpapakita na ang mga tao ay walang pagnanasang mahalin Ako. Sa kasalukuyang mga panahon, hindi Ako kailanman pinahalagahan ng mga tao, wala Akong puwang sa kanilang mga puso. Maaari kaya silang magpakita ng tunay na pag-ibig sa Akin sa mga araw ng pagdurusang darating? Ang pagiging matuwid ng tao ay nananatiling isang bagay na walang anyo, isang bagay na hindi makikita o mahahawakan. Ang nais Ko ay ang puso ng tao, sapagkat sa katawan ng tao ang puso ang pinakamahalaga. Ang mga gawa Ko ba ay hindi karapat-dapat na mabayaran ng puso ng tao? Bakit hindi ibinibigay ng mga

tao sa Akin ang kanilang mga puso? Bakit lagi nilang niyayakap ang mga iyon sa kanilang sariling mga dibdib at hindi handang pakawalan ang mga iyon? Maaari kayang masiguro ng puso ng tao ang kapayapaan at kaligayahan sa buong buhay ng mga tao? Kapag may hinihingi Ako sa mga tao, bakit lagi silang dumadakot ng isang dakot na alikabok mula sa lupa at isinasaboy iyon sa Akin? Ito ba ay tusong pakana ng tao? Para bang sila ay sumusubok na linlangin ang isang nagdaraan na walang pupuntahan, inaakit silang pabalik sa kanilang tahanan, kung saan sila ay nagiging walang-awa at pinapatay sila. Ninais din ng mga tao na gawin ang gayong mga bagay sa Akin. Para bang sila ay isang berdugo na papatay ng isang tao nang walang kakurap-kurap, na para bang sila ang hari ng mga diyablo, na halos likas na ang pagpatay ng mga tao. Ngunit ngayon ang mga tao ay lumalapit sa harap Ko, inaasam pa rin na gumamit ng gayong mga pamamaraan—gayunman ay mayroon silang mga plano, at mayroon Akong mga pangontra. Kahit na hindi Ako mahal ng mga tao, paanong hindi Ko maihahayag sa publiko ang Aking mga pangontra sa tao sa panahong ito? Ako ay may kasanayang walang-hangganan at di-masukat sa paghawak ng tao; bawat bahagi niya ay personal Kong hinahawakan, at personal Kong pinoproseso. Sa kahuli-hulihan, ipapatiis Ko sa tao ang sakit na humiwalay mula sa kanyang minamahal, at ipagagawa sa kanya na magpasakop sa Aking mga pagsasaayos, at sa panahong iyon, ano ang idaraing ng mga tao? Hindi ba ang lahat ng Aking ginagawa ay para sa kapakanan ng tao? Sa mga panahong nakalipas, hindi Ko kailanman sinabi sa tao ang tungkol sa mga hakbang ng Aking gawain—ngunit ngayon, sa isang panahon na hindi tulad ng nakaraan, dahil ang nilalaman ng Aking gawain ay naiiba, pauna na Akong nagsabi sa mga tao tungkol sa Aking gawain upang hadlangan sila sa pagkahulog bilang resulta nito. Hindi ba ito ang bakuna na Aking itinurok sa tao? Sa anumang dahilan, ang mga tao ay hindi kailanman seryosong isinaalang-alang ang Aking mga salita; tila ba may pagkagutom sa kanilang mga tiyan at hindi sila namimili kung ano ang kanilang kakainin, na nagpahina sa kanilang mga tiyan. Ngunit ginagawa ng mga taong puhunan ang kanilang “malusog na pangangatawan” at hindi pinapansin ang mga payo ng “doktor.” Pagkakita ng kanilang pagiging sarado, natatagpuan Ko ang Aking Sarili na nagmamalasakit sa tao. Dahil ang mga tao ay walang kahustuhan ng pag-iisip, at hindi pa nararanasan ang buhay ng tao, sila ay walang takot; sa kanilang mga puso, ang mga salitang “buhay ng tao” ay hindi umiiral, wala silang pagsasaalang-alang para sa mga iyon, at napapagod lamang sa Aking mga salita, na para bang Ako ay naging isang bungangerang matandang dalaga. Sa kabuuan, anuman ang katayuan, Ako ay umaasa na mauunawaan ng mga tao ang Aking puso, sapagkat wala Akong pagnanasang ipadala ang tao sa lupain ng kamatayan. Umaasa Ako na mauunawaan ng tao ang Aking pakiramdam sa mismong sandaling ito, at isaalang-alang ang pasaning Aking dinadala sa mismong oras na ito.

Abril 26, 1992

Kabanata 37

Sa buong kapanahunan, sa lahat ng gawaing Aking nagawa, bawat yugto noon ay nakasangkutan ng Aking angkop na mga pamamaraan sa paggawa. Dahil dito, ang minamahal kong mga tao ay napadalisa nang napadalisa at mas lalong naging angkop para kasangkapanin Ko. Dahil din doon, gayunman, ang “sawimpalad na bagay” ay na habang dumarami ang Aking mga pamamaraan sa paggawa, nababawasan ang bilang ng mga tao, at ito ang dahilan kaya sila nagmumuni-muni nang malalim. Mangyari pa, kasama pa rin dito ang gawaing ito ngayon, at karamihan sa mga tao ay muli na namang nagmumuni-muni; sa gayon, dahil sa mga pagbabago sa Aking mga pamamaraan, may ilan pa rin na kakailanganing umurong. Maaari itong ilarawan sa ganitong paraan: Ito ay isang bagay na Aking itinadhana, ngunit hindi isang bagay na Aking ginawa. Mula noong paglikha, napakaraming tao nang bumagsak, at napakarami nang naligaw ng kanilang landas, dahil sa mga pamamaraan ng Aking gawain. Gayunman, wala Akong pakialam kung anuman ang gawin ng mga tao—pakiramdam man nila ay hindi Ako mapagmahal o napakalupit Ko—tama man o mali ang kanilang pagkaunawa, iniwasan Kong magpaliwanag. Magbahaginan muna tayo tungkol sa pangunahing punto ng talakayang ito upang lahat ay magtamo ng lubos na pagkaunawa, para maiwasan na hindi nila maunawaan kung bakit sila nagdurusa. Hindi Ko pipilitin ang mga tao na magdusa nang tahimik na parang mga pipi; sa halip, ilarawan Ko nang malinaw ang lahat para hindi sila magreklamo laban sa Akin. Balang araw, bibigyan Ko ng dahilan ang lahat ng tao na magpahayag ng taos-pusong papuri sa gitna ng pagkastigo sa kanila. Sang-ayon ka ba sa pamamaraang ito? Tumutugon ba iyan sa mga kinakailangan ng mga tao?

Sa paunang salita sa panahon ng pagkastigo, sasabihin Ko muna sa mga tao ang pangkalahatang kahulugan sa likod ng “panahong” ito upang hindi sila magkasala sa Akin. Ibig sabihin, gagawa Ako ng mga pagsasaayos para sa Aking gawain na hindi mababago ng sinuman, at ganap na hindi Ko basta-basta palalagpasin ang sinumang magbabago sa mga ito: parurusahan Ko sila. Matatandaan ba ninyo iyan? Lahat ng ito ay “mga bakuna.” Sa mga bagong pamamaraan, kailangan munang maunawaan ng lahat ng tao na ang una at pinakamahalagang layuning kakamtin ay ang magkaroon ng pagkaunawa tungkol sa sarili nilang aktuwal na mga kalagayan. Bago magtamo ng kaunting pagkaunawa tungkol sa sarili, walang sinumang pahihintulutang magsalita nang walang-ingat sa iglesia, at tiyak na kakastiguhin Ko ang sinumang lumalabag sa panuntunang ito. Mula sa araw na ito, lahat ng apostol ay ililista sa mga iglesia at pagbabawalang magpalipat-lipat kung saan nila gusto—maliit ang ibubunga niyan. Lahat sila ay tila tumutupad sa kanilang mga tungkulin, ngunit ang totoo ay nilililang nila Ako. Sa kabila ng nangyari, ngayon ay nakalipas na ang lahat ng iyon, at hindi na kailangang banggitin pang muli. Mula ngayon, aalisin na ang katagang “apostol” at hindi na muling gagamitin kailanman, upang lahat ng tao ay bumaba sa kanilang mga

“posisyon” at makilala ang kanilang sarili. Ito, mangyari pa, ay alang-alang sa kanilang kaligtasan. Ang “posisyon” ay hindi isang korona; isang kataga lamang ito ng katawagan. Nauunawaan ba ang ibig Kong sabihin? Ang mga namumuno sa mga iglesia ay isasabuhay pa rin ang buhay-iglesia sa loob ng sarili nilang mga iglesia, bagama’t mangyari pa ay hindi ito isang mahigpit na panuntunan. Kapag kinakailangan, maaari silang bumisita sa mga iglesia sa pakikipag-ugnayan sa iba pang dating mga apostol. Ang pinakamahalagang bagay ay na kailangang maragdagan ang pagbabahaginan ng mga iglesia—maliban kung walang isa man sa kanilang mga miyembro ang totoong namumuhay ng buhay ng iglesia. Gayunpaman, kailangan Kong bigyan-diin na kailangang magkaisa kayong lahat sa kaalaman tungkol sa sarili at sa paghihimagsik laban sa malaking pulang dragon: Ito ang Aking kalooban. Hindi mahalaga kung gaano karaming magsalita ang mga tao; sa halip, ang pinakamahalaga ay ang magkasama-sama ang lahat ng Aking mga tao bilang isa, sapagkat iyon lamang ang paraan para tunay na magpatotoo. Noong araw, sinabi ng lahat ng tao na makikilala nila ang kanilang sarili, subalit nagpahayag na Ako ng di-mabilang na mga salita—at gaano na ninyo nauunawaan ang inyong sarili? Kapag mas tumataas ang posisyon ng isang tao, mas mahihirapan siyang isantabi ang kanyang sarili, mas malaki ang kanyang mga inaasam, at mas magdurusa siya kapag siya ay kinakastigo. Ito ang Aking pagliligtas sa sangkatauhan. Nauunawaan ba ninyo? Huwag ninyong basta tanggapin na totoo ito; ang paggawa nito ay magiging napakababaw at walang halaga. Nauunawaan ba ninyo ang ibang nauugnay na mga kahulugan dito? Kung tunay na kayang unawain ng mga miyembro ng iglesia ang kanilang sarili, ipamamalas nito na ang mga uring iyon ng mga tao ay tunay na nagmamahal sa Akin. Ibig sabihin, kung hindi kayo magputul-putol ng tinapay na kasama ng mga tao, hindi ninyo mauunawaan ang kanilang mga paghihirap. Paano ninyo binibigyang-kahulugan ang kasabihang ito? Sa huli, bibigyan ko ng dahilan ang lahat ng tao na makilala ang kanilang sarili sa panahon ng pagkastigo sa kanila, at paaawitin sila’t patatawanin habang nangyayari iyon. Tunay ba kayong magkakaroon ng pananampalataya na palugurin Ako? Kung gayon, ano ang dapat ninyong gawin sa inyong pagsasagawa? Mula ngayon, ang mga kaganapan ng bawat iglesia ay aasikusahin ng angkop na mga tao sa iglesiang iyon, at isasabuhay lamang ng mga apostol ang buhay ng iglesia. Tinatawag itong “pagdanas ng buhay.” Nauunawaan ba ninyo?

Bago opisyal na sumapit ang pagkastigo sa sangkatauhan, gagawin Ko muna ang “gawain ng pagbati” sa mga tao upang sa huli, mabigyang-kasiyahan nila Akong lahat. Kahit para sa mga uurong, kailangang magdusa sila at matapos na magpatotoo bago umalis, kung hindi ay hindi Ko sila basta-basta palalagpasin. Ipinakikita nito ang Aking disposisyon na hindi magparaya sa mga pagkakasala ng mga tao, gayundin ang Aking disposisyon na isakatuparan ang Aking sinasabi. Dahil dito, matutupad Ko na ang Aking pangako na “ginagawa Ko ang Aking sinasabi, mangyayari ang Aking sinasabi, at magtatagal magpakailanman ang Aking ginagawa.” Habang sinasambit ng Aking bibig

ang mga salita, sinisimulan din ng Aking Espiritu ang Kanyang gawain. Sino ang mangangahas na sadyang paglaruan ang “mga laruan” na hawak nila sa kanilang mga kamay? Lahat ay dapat na tanggapin ang Aking pagkastigo nang may paggalang at pagkamasunurin. Sinong makatatapas dito? Maaari bang magkaroon ng ibang daan maliban sa Akin? Ngayon ay hinayaan kita na manatili sa lupa, at ikaw ay nagsasaya; bukas ay pahihintulutan kitang makapasok sa langit, at ikaw ay magpupuri. Sa araw pagkatapos niyon, ilalagay kita sa ilalim ng lupa, kung saan ikaw ay kakastiguhin. Hindi ba kinakailangan ang lahat ng ito sa Aking gawain? Sino ang hindi nagdaranas ng kasawian at tumatanggap ng mga pagpapala alang-alang sa Aking mga kinakailangan? Maaari bang hindi kayo kasali? Bilang Aking mga tao sa lupa, ano ang dapat ninyong gawin para sa Aking mga kinakailangan at Aking kalooban? Maaari kaya na pinupuri ninyo ang Aking banal na pangalan sa salita habang kinamumuhian Ako sa inyong puso? Ang paggawa ng gawain para sa Akin at pagbibigay-lugod sa Aking puso, gayundin ang pag-unawa sa inyong sarili at paghihimagsik laban sa malaking pulang dragon—hindi madaling gawin ang mga ito, at kailangang magsakripisyo kayo sa paggawa dito. Kapag sinabi Kong “sakripisyo,” ano sa palagay ninyo ang ibig Kong sabihin? Hindi Ko ito tatalakayin ngayon at hindi Ako magbibigay ng tuwirang mga sagot sa mga tao. Sa halip, hahayaan Ko silang pag-isipan itong mabuti sa kanilang sarili, at pagkatapos, sagutin ang Aking mga tanong nang praktikal sa pamamagitan ng kanilang mga kilos at pag-uugali. Kaya ba ninyong gawin iyan?

Abril 27, 1992

Kabanata 38

Sa kung ano ang naranasan ng tao, hindi pa kailanman nagkaroon ng bakas Ko, hindi pa kailanman nagkaroon ng paggabay ng Aking mga salita. Bilang resulta, lagi Akong lumalayo sa tao at, kalaunan, ay iniwan siya. Kinamumuhian Ko ang pagsuway ng sangkatauhan. Hindi Ko alam kung bakit; tila ba kinamuhian Ko na ang tao sa simula pa lang, at gayunma’y labis Akong nakikiramay sa kanya. Kaya’t palaging dalawa ang saloobin sa Akin ng mga tao—sapagkat iniibig Ko ang tao, at kinamumuhian Ko rin siya. Sino sa mga tao ang tunay na nagsasaisip sa Aking pag-ibig? At sino naman ang nagsasaisip sa Aking pagkamuhi? Sa Aking mga mata, ang tao ay isang patay na bagay, walang buhay, gaya ng isang luwad na rebulto sa gitna ng lahat ng bagay. Dahil sa kanyang pagsuway, paminsan-minsan ay napupukaw ng tao ang Aking galit. Noong namumuhay Ako kasama ng mga tao, bahagya silang ngumingiti kapag bigla Akong dumarating, dahil palagi silang sadyang “naghahanap” sa Akin, na para bang nakikipaglaro Ako sa tao sa lupa. Kailanman ay hindi nila Ako siniseryoso, at dahil sa kanilang saloobin tungo sa Akin, wala Akong magagawa kundi “magretiro” mula sa “yunit

ng gawain” ng sangkatauhan. Gayunman, nais Kong sabihin na, bagaman Ako ay “nagreretiro,” ang Aking “pensiyon” ay hindi maaaring magkulang kahit isang sentimo. Dahil sa Aking “pagiging nakatatanda” sa “yunit ng gawain” ng sangkatauhan, patuloy Kong hinihingi sa kanila ang suweldo na hindi pa rin nababayaran sa Akin. Bagaman iniwan na nila Ako, paano nila matatakas ang Aking paghawak? Minsan Ko nang niluwagan ang Aking paghawak sa mga tao sa paanuman, tinutulutan sila na malayang magpasasa sa kanilang makalamang mga pagnanasa—at dahil dito ay nangahas silang kumilos nang walang pigil, nang walang anumang pagbabawal, kung saan makikita na hindi nila Ako tunay na iniibig, sapagkat namumuhay silang lahat sa laman. Maaari bang ang tunay na pag-ibig ay ibinibigay na kapalit ng laman? Maaari ba na ang hinihingi Ko lang sa tao ay ang “pag-ibig” ng laman? Kung tunay na ganito ang kalagayan, anong magiging kabuluhan ng tao? Lahat ng tao ay walang halagang basura! Kung hindi dahil sa Aking “espesyal na mga kapangyarihan” ng pagtitiis, matagal Ko na sanang iniwan ang sangkatauhan—bakit mag-aabala pang manatiling kasama nila para lang “magpaapi”? Gayunman ay nagtitiis Ako. Nais Kong malaman ang tunay na “gawain” ng tao. Sa sandaling matapos ang Aking gawain sa lupa, aakyat Ako nang mataas tungo sa langit upang hatulan ang “panginoon” ng lahat ng bagay; ito ang Aking pangunahing gawain, sapagka’t ang Aking pagkasuklam sa tao ay umabot na sa isang partikular na antas. Sinong hindi mamumuhi sa kanyang kaaway? Sinong hindi lilipulin ang kanyang kaaway? Sa langit, si Satanas ang Aking kaaway; sa lupa, ang tao ang Aking kalaban. Dahil sa pagsasanib sa pagitan ng langit at lupa, hinahatulan Ko silang lahat na nagkasala, hanggang sa ikasiyam na salinlahi, at wala ni isa man ang patatawarin. Sinong nagsabi sa kanila na labanan Ako? Sinong nagsabi sa kanila na suwayin Ako? Bakit hindi kaya ng mga taong putulin ang matagal na nilang mga ugnayan sa dati nilang kalikasan? Bakit ang kanilang laman ay laging mabilis na lumalago sa loob nila? Ang lahat ng ito ay patunay ng Aking paghatol sa tao. Sinong nangangahas na hindi magpasakop sa mga katotohanan? Sinong nangangahas na magsabing ang Aking paghatol ay naapektuhan ng emosyon? Iba Ako sa tao, kaya iniwan Ko siya, sapagka’t hindi talaga Ako kabilang sa lahi ng tao.

May batayan, may saligan, ang lahat ng ginagawa Ko; kapag “ibinubunyag” ng tao ang “talagang mga katotohanan” sa Akin sa pamamagitan ng kanyang bibig, inihahatid Ko siya sa “dakong bitayan,” dahil ang paglabag ng sangkatauhan ay sapat na upang maging marapat sa Aking pagpaparusa. Kaya’t hindi Ako basta nagpapataw ng pagpaparusa, bagkus ay pinarurusahan ang mga tao batay sa totoong mga kalagayan ng kanilang paglabag. Kung hindi, dahil sa kanilang pagsuway, ang tao ay hindi kailanman yuyukod at aamin ng kanilang pagkakasala sa Akin. Dahil lang sa narating na nila ang kasalukuyang kalagayan ng mga pangyayari kaya ang mga tao ay atubiling lahat na yumukod—subalit sa kanilang mga puso, nananatili silang hindi kumbinsido. Binigyan Ko na ang mga tao ng “barium” upang inumin, at sa gayon ang kanilang mga laman-loob ay lumilitaw nang mabuti at malinaw gamit ang “fluoroscope.” Hindi pa

naaalis ang karumihan at kawalang-kadalisayan sa tiyan ng mga tao; ang lahat ng uri ng dumi ay dumadaloy sa kanilang mga ugat, kaya't ang lason sa loob ng kanilang mga katawan ay lalo pang kumakalat. Sapagka't namuhay na ang mga tao sa gayong mga kalagayan sa loob ng napakaraming taon, nasanay na sila sa mga ito at hindi na nakikita ang mga ito bilang kakaiba. Bilang resulta, ang mga mikrobyo sa loob ng kanilang mga katawan ay gumugulang, nagiging kanilang kalikasan, at ang lahat ay namumuhay sa ilalim ng kanilang pangingibabaw. Ito ang dahilan kung bakit nagtatatakbo ang mga tao sa lahat ng dako gaya ng ligaw na mga kabayo. Gayunman ay hindi nila kailanman lubos na inaamin ito; tumatango lang sila upang ipahiwatig ang kanilang pagsang-ayon. Ang katotohanan ay hindi isinasapuso ng tao ang Aking mga salita. Kung ipinalalagay nila ang Aking mga salita bilang mabisang lunas, sila ay “susunod sa mga utos ng doktor,” at hahayaan ang lunas na ito na gamutin ang karamdaman sa loob nila. Gayunpaman, sa Aking isip, hindi kayang tuparin ng kung paano sila umasal ang kahilingan ito, kaya't ang magagawa Ko lang ay “kagatin ang bala,” at patuloy na magsalita sa kanila kahit makinig man sila o hindi: ginagawa Ko lang ang Aking tungkulin. Hindi handa ang tao na tamasahin ang Aking mga pagpapala, bagkus ay mas nanaisin pang sumailalim sa mga pagpapahirap ng impiyerno—kaya ang magagawa Ko lang ay sumang-ayon sa kanilang kahilingan. Gayunpaman, upang hindi mapahiya sa impiyerno ang Aking pangalan at ang Aking Espiritu, didisiplinahin Ko muna sila, at pagkatapos ay “susunod” sa kanilang mga kahilingan, upang sila ay “mapuno ng kagalakan.” Ayaw Kong hayaan ang taong hiyain Ako sa anumang oras o saanmang lugar habang itinataas ang Aking bandila, na siyang dahilan kung bakit dinidisciplina Ko siya nang paulit-ulit. Kung wala ang mga paghadlang ng Aking mahigpit na mga pahayag, paano magagawa ng tao na patuloy na tumayo sa harap Ko hanggang ngayon? Hindi ba umiiwas ang mga tao sa kasalanan dahil lang natatakot sila na aalis Ako? Hindi ba totoo na hindi sila dumaraing dahil lang sa natatakot sila sa pagpaparusa? Mayroon ba ni isa na ang kanyang mga pagpapasya ay lubos na ginawa alang-alang sa Aking plano? Iniisip ng lahat ng tao na ang Akin ay isang pang-Diyos na kalikasan na kulang sa “kalidad ng katalinuhan,” subalit sinong makaiintindi na kaya Kong maunawaan ang lahat sa Aking pagkatao? Tulad ng sinasabi ng mga tao, “Bakit gagamit ng maso upang pukpukin ang isang pako?” “Iniibig” Ako ng mga tao, hindi dahil ang kanilang pag-ibig para sa Akin ay likas, kundi dahil natatakot sila sa pagpaparusa. Sino sa mga tao ang isinilang na umiibig sa Akin? Mayroon bang sinuman na tinatrato Ako na tulad ng pagtrato nila sa sarili nilang puso? Kaya't binubuod Ko ito sa isang kasabihan para sa mundo ng tao: Sa kalipunan ng mga tao, wala ni isa mang umiibig sa Akin.

Dahil lang nais Kong wakasan na ang Aking gawain sa lupa kaya pinabilis Ko na ang takbo ng Aking gawain, kung hindi ay baka maihagis Ko nang malayo ang tao, napakalayo na babagsak sila sa walang hangganang karagatan. Ito mismo ay dahil nasabi Ko na sa kanila ang katotohanan nang patiuna kaya sila ay bahagyang mapagbantay. Kung hindi dahil dito, mayroon bang sinumang magtataas ng layag sa bingit ng maunos na panahon? Lahat ay gumagawa ng mga pag-iingat. Para bang, sa kanilang mga puso, Ako ay naging

isang magnanakaw. Natatakot sila na kukunin Ko ang lahat sa kanilang mga tahanan, kaya't itinutulak nila ang kanilang mga pintuan nang buong lakas na kaya nilang matipon, mamatay-matay sa takot na bigla Akong papasok. Nang makita silang nag-aasal na parang mga dagang naduduwa, umalis Ako nang tahimik. Sa guni-guni ng mga tao, tila malapit nang dumating sa huling kawakasan ang mundo, kaya't lahat sila ay tumatakas nang nagkakagulo, na halos masiraan ng ulo sa takot. Sa sandaling ito Ko lang nakita ang mga multong gumagala sa lahat ng dako sa lupa. Hindi Ko maiwasang matawa, at sa kalagitnaan ng tunog ng Aking halakhak, nagulat at nangilabot ang tao. Noon Ko lang napagtanto ang katotohanan, kaya't pinigil Ko ang Aking ngiti at tumigil nang tumingin sa nangyayari sa lupa, sa halip ay bumabalik sa paggawa ayon sa Aking orihinal na plano. Hindi Ko na itinuturing ang tao bilang isang huwarang nagsisilbing halimbawa para sa Aking pananaliksik, sapagka't sila ay walang iba kundi mga basura. Sa sandaling itapon Ko sila, wala na silang anumang paggagamitan—sila ay mga pira-pirasong basura. Sa sandaling ito, nililipol Ko sila at itinatapon sila sa apoy. Sa isipan ng tao, ang Aking habag at maibiging kabaitan ay nakapaloob sa Aking paghatol, pagiging maharlika, at poot. Ngunit bahagya lang nilang nalalaman na matagal Ko nang ipinagwalang-bahala ang kanilang mga kahinaan, at matagal Ko nang binawi ang Aking habag at maibiging kabaitan, at iyan ang dahilan kung bakit sila ay nasa katayuang kinalalagyan nila ngayon. Walang sinumang may kayang makilala Ako, ni maunawaan man nila ang Aking mga salita o makita man ang Aking mukha, ni maunawaan man nila ang Aking kalooban. Hindi ba ito ang mga kalagayan kung saan natatagpuan ng tao ang kanyang sarili? Kung gayon ay paano masasabi na mayroon Akong habag at maibiging kabaitan? Hindi Ko isinasaalang-alang ang kanilang mga kahinaan, at hindi Ko rin “iniintindi” ang kanilang mga kakulangan. Ito pa rin kaya ang Aking habag at maibiging kabaitan? O ito pa rin kaya ang Aking pag-ibig para sa tao? Iniisip ng lahat ng tao na nagsasalita Ako ng “kawili-wiling mga bagay na walang laman,” kaya't hindi sila naniniwala sa mga salitang sinasabi Ko. Ngunit may nakaaalam ba rito: “Yamang ito ay ibang kapanahunan, ang Aking habag at maibiging kabaitan ay hindi umiiral sa ngayon; gayunman, Ako ay palaging isang Diyos na ginagawa ang sinasabi Niyang gagawin Niya”? Noong nasa kalagitnaan Ako ng sangkatauhan, nakikita Ako ng mga tao sa kanilang mga isipan bilang ang Kataas-taasan, kaya't naniniwala sila na ibig Kong magsalita mula sa Aking karunungan. Sa gayon ay lagi nilang inuunawa ang Aking salita nang may pasubali. Ngunit may makaiintindi ba sa mga panuntunan sa likod ng Aking pananalita? O sa mga pinanggagalingan ng Aking mga salita? May makaaarok ba sa kung ano talaga ang hinihiling Kong matupad? O sinong makaaarok sa mga detalye ng konklusyon ng Aking plano ng pamamahala? Sino ang kayang maging katiwala Ko? Sa lahat ng bagay, sino maliban sa Akin ang makaaalam sa kung ano mismo ang Aking ginagawa? At sinong makaaalam sa Aking pangwakas na layunin?

Abril 30, 1992

Kabanata 39

Bawat araw ay gumagalaw Ako sa ibabaw ng mga sansinukob, pinagmamasdan ang lahat ng bagay na nilikha ng Aking kamay. Sa ibabaw ng mga kalangitan ay ang Aking pahingahan, at sa ilalim ay ang lupain kung saan Ako ay gumagalaw. Aking pinamumunuan ang lahat ng bagay na naririyang, Aking inuutusan ang lahat, na nagiging sanhi upang ang lahat ay sumunod sa daloy ng kalikasan at magpasakop sa utos ng kalikasan. Dahil Aking kinamumuhian silang mga suwail, at kinasusuklaman yaong mga sumasalungat sa Akin at hindi lumalagay sa kanilang dapat pagkalagyan, gagawin Ko ang lahat na magpasakop sa Aking mga pagsasaayos, nang walang pagtutol, gagawin Ko ang lahat ng nasa taas at loob ng sansinukob na magkaroon ng kaayusan. Sino ang mangangahas pa rin na basta-bastang lumaban sa Akin? Sinong mangangahas na hindi tumalima sa mga pagsasaayos ng Aking kamay? Paano magkakaroon ng anumang “interes” ang tao na maghimagsik laban sa Akin? Dadalhin Ko ang mga tao sa harapan ng kanilang “mga ninuno,” gagawin ang kanilang mga ninuno na akayin sila pabalik sa kanilang mga pamilya, at hindi sila pahihintulutang maghimagsik laban sa kanilang mga ninuno at bumalik sa Aking piling. Ganoon ang Aking plano. Sa kasalukuyan, ang Aking Espiritu ay kumikilos sa buong lupa, nagtatakda ng mga bilang sa lahat ng uri ng tao, nagmamarka ng iba’t ibang tanda sa bawat uri ng tao, upang ang kanilang mga ninuno ay matagumpay na magabayan sila pabalik sa kanilang mga pamilya at hindi Ko na kailangang patuloy na “mag-alala” sa kanila, na masyadong nakakaabala; sa gayon, hinahati Ko rin ang pagpapagal, at ipinamamahagi ang mga pagsisikap. Ito ay bahagi ng Aking plano, at hindi maaaring gambalain ng sinumang tao. Ako ay pipili ng karapat-dapat na mga kinatawan mula sa lahat upang pamahalaan ang lahat ng bagay, ipinatutupad ang maayos na pagpapasakop ng lahat sa Akin. Malimit Akong naggagala sa ibabaw ng mga kalangitan, at malimit na naglalakad sa ilalim ng mga iyon. Habang nagmamasid sa malaking mundo kung saan ang mga tao ay dumarating at umaalis, pinagmamasdan ang sangkatauhan, na nagsisiksikan sa lupa, at nakikita ang mga ibon at mga hayop na nabubuhay sa planeta, hindi Ko maiwasang mapuno ng damdamin ang Aking puso. Dahil, sa panahon ng paglikha, ginawa Ko ang lahat ng bagay, at ang lahat ay gumaganap sa tungkulin nito sa sarili nitong kinalalagyan sa ilalim ng Aking mga pagsasaayos, Ako ay humahalakhak mula sa itaas, at kapag ang lahat ng bagay sa ilalim ng mga kalangitan ay narinig ang tunog ng Aking halakhak, sila ay kaagad na nagiging inspirado, sapagkat sa sandaling ito ang Aking malaking proyekto ay natapos na. Idinaragdag Ko ang karunungan ng langit sa loob ng tao, nagdudulot na katawanin niya Ako sa gitna ng lahat ng bagay, sapagka’t nilikha Ko ang tao upang siya ay maging Aking kinatawan sa lahat ng bagay, hindi Ako sinusuwat kundi pinupuri Ako sa kaibuturan ng kanyang puso. At sino ang nakatutupad ng mga simpleng salitang ito? Bakit laging itinatago ng tao ang kanyang puso para sa kanyang sarili? Hindi ba para sa Akin ang kanyang puso? Hindi sa hinihingi Ko ang mga bagay-bagay sa tao nang walang

kondisyon, kundi siya ay lagi Ko nang pag-aari. Paano Kong basta na lamang ibibigay sa iba ang mga bagay na sa Akin? Paano Ko maibibigay ang “damit” na Aking ginawa sa iba upang isuot? Sa paningin ng mga tao, para bang Ako ay nasiraan ng bait, nagdurusa ng isang karamdaman sa pag-iisip, at walang nauunawaan sa mga pamamaraan ng tao, na para bang Ako ay isang tanga. Kaya’t lagi Akong tinitingnan ng mga tao bilang isang walang muwang, nguni’t hindi nila Ako kailanman tunay na minamahal. Dahil ang lahat ng ginagawa ng tao ay upang sadyang linlangin Ako, winawasak Ko ang buong sangkatauhan sa pagsumpong ng poot. Sa lahat ng bagay na Aking nilikha, ang sangkatauhan lamang ang laging sumusubok na makahanap ng mga paraan upang linlangin Ako, at dahil lamang dito kaya Aking sinasabi na ang tao ay “pinuno” ng lahat ng bagay.

Sa kasalukuyan, itinatapon Ko ang lahat ng tao sa “malaking pugon” upang mapino. Tumatayo Ako nang mataas, nakabantay nang maigi habang ang mga tao ay nasusunog sa apoy at, dahil napupuwersa ng mga lagablab, inilalabas ng mga tao ang mga katunayan. Ito ang isa sa mga paraan kung paano Ako gumagawa. Kung hindi ganoon, sasabihin ng mga tao na sila ay “mapagkumbaba,” at walang sinuman ang gugustuhing unang magbukas ng kanilang bibig upang sabihin ang kanilang sariling mga karanasan, kundi lahat ay magtitinginan lamang. Ito ang mismong pagbubuo-buo ng Aking karunungan, sapagka’t itinalaga Ko ang mga pangyayari sa kasalukuyan bago pa ang mga kapanahunan. Sa gayon, ang mga tao ay walang-kamalayang pumapasok sa pugon, na para bang sila ay hinila roon ng isang lubid, na para bang sila ay naging manhid na. Walang sinuman ang makatatakas sa paglagablab ng ningas, “inaatake” nila ang isa’t isa, sila ay “nagmamadali sa pagbubunyi,” nag-aalala pa rin sa kanilang sariling kapalaran sa pugon, lubhang natatakot na sila ay masusunog hanggang mamatay. Kapag ginatungan Ko ang apoy, kaagad itong lumalaki, bumubugso papunta sa himpapawid, at ang mga ningas ay malimit na dumidikit sa Aking mga balabal, animo’y sinusubukang hilahin ang mga iyon papunta sa pugon. Pinagmamasdan Ako ng mga tao na nandidilat ang mga mata. Dire-diretso, sinusundan Ko ang apoy papunta sa pugon, at sa puntong ito, ang mga ningas ay lumalaki, at ang mga tao ay nagsisigawan. Lumilibot Ako sa gitna ng lagablab. Dumarami ang mga ningas, nguni’t wala silang hangaring saktan Ako, at minsan pa ay inilalapit Ko sa mga ningas ang mga balabal na Aking suot—gayunpama’y nananatili silang malayo sa Akin. Saka lamang malinaw na nakikita ng mga tao ang Aking tunay na mukha sa pamamagitan ng liwanag ng mga ningas. Dahil sila ay nasa kalagitnaan ng pagkasunog ng pugon, sila ay nagsisitakas sa lahat ng direksyon dahil sa Aking mukha, at ang pugon ay agad na nagsisimulang “kumulo.” Ang lahat ng nasa ningas ay namamasdan ang Anak ng tao, na pinipino sa lagablab. Bagama’t ang mga damit sa Kanyang katawan ay pangkaraniwan, ang mga iyon ay may sukdulang kagandahan; kahit na ang sapatos sa Kanyang mga paa ay hindi katangi-tangi, ang mga iyon ay lubhang nakaiinggit; isang nag-aapoy na kaningningan ang sumisinag mula sa Kanyang mukha, ang Kanyang mga mata ay nangingislap, at tila dahil sa liwanag sa Kanyang mga mata kaya malinaw na nakikita ng mga tao ang Kanyang tunay na mukha.

Ang mga tao ay puno ng pagkamangha, at nakikita nila ang isang puting damit sa Kanyang katawan, at ang Kanyang buhok, puting gaya ng balahibo ng tupa, ay nakalugay hanggang sa Kanyang mga balikat. Kapansin-pansin, isang gintong bigkis na nakapalibot sa Kanyang dibdib ang nagniningning sa nakasisilaw na liwanag, habang ang sapatos sa Kanyang mga paa ay lalo pang kahanga-hanga. At dahil ang sapatos na suot ng Anak ng tao ay nananatili sa gitna ng apoy, ang mga tao ay naniniwala na ang mga iyon ay kamangha-mangha. Sa sandali lamang ng mga pagsidhi ng sakit saka namamasdan ng mga tao ang bibig ng Anak ng tao. Bagama't sila ay nasa kalagitnaan ng pagpipino ng apoy, hindi nila nauunawaan ang anumang mga salita mula sa bibig ng Anak ng tao, kaya naman, sa sandaling ito, wala na silang naririnig pang kasiya-siyang tinig ng Anak ng tao, kundi nakikita ang isang matalas na tabak na nasa Kanyang bibig, at hindi na Siya nagsasalita, ngunit ang Kanyang tabak ay nakasasakit sa tao. Napalilibutan ng mga ningas, tinitis ng mga tao ang sakit. Dahil sa kanilang pagkamausisa, patuloy silang nakatingin sa di-pangkaraniwang anyo ng Anak ng tao, at sa sandaling ito lamang nila natutuklasan na naglaho na ang pitong bituin na nasa Kanyang kamay. Dahil ang Anak ng tao ay nasa pugon, at wala sa lupa, ang pitong bituin sa Kanyang kamay ay inaalis, sapagka't ang mga iyon ay isang talinghaga lamang. Sa sandaling ito, hindi na nababanggit ang mga ito, kundi inilalaan sa iba't ibang bahagi ng Anak ng tao. Sa alaala ng mga tao, ang pag-iral ng pitong bituin ay nagdadala ng paghihirap. Sa kasalukuyan, hindi Ko na pinahihirap ang mga bagay-bagay para sa tao, inaalis Ko ang pitong bituin mula sa Anak ng tao, at pinagsasama-sama ang lahat ng bahagi ng Anak ng tao sa isang kabuuan. Sa sandaling ito lamang nakikita ng tao ang Aking buong anyo. Hindi na ihihiwalay ng mga tao ang Aking Espiritu mula sa Aking katawang-tao, sapagka't nakaakyat na Ako mula sa lupa paitaas. Namasdan na ng mga tao ang Aking tunay na mukha, hindi na nila Ako winawasak, at hindi Ko na tinitis ang paninira ng tao. Dahil lumalakad Ako sa malaking pugon kasabay ng tao, umaasa pa rin siya sa Akin, nadarama niya ang Aking pag-iral sa kanyang kamalayan. Sa gayon, ang lahat ng dalisay na ginto ay unti-unting natitipon kasama Ko sa kalagitnaan ng pagsunog ng apoy, na mismong sandali kung kailan ang bawat isa ay pinagsasama-sama ayon sa uri. Pinagbubukod-bukod Ko ang bawat uri ng “metal,” sinasanhi silang lahat na bumalik sa kanilang mga pamilya, at ngayon lamang nagsisimulang mapanariwa ang lahat ng bagay ...

Dahil ang tao ay masyadong narumihan kung kaya itinatapon Ko siya sa pugon upang masunog. Gayunman hindi siya lubos na nawawasak ng mga ningas, kundi napipino, upang Ako ay maaaring masiyahan sa kanya—sapagka't ang Aking nais ay isang bagay na gawa sa purong ginto, walang mga halo, at hindi marumi at nahaluang mga bagay. Hindi nauunawaan ng mga tao ang Aking pakiramdam, kaya bago umakyat sa “mesang pang-opera” ay inaatake sila ng pagkabalisa, na parang, matapos hiwain sila, papatayin Ko sila roon mismo habang nakahiga sa mesang pang-opera. Nauunawaan Ko ang pakiramdam ng mga tao, at sa gayon Ako ay tila isang kasapi ng sangkatauhan. Ako ay may matinding pagkahabag para sa “kasawiang-palad” ng tao, at

hindi Ko alam kung bakit ang tao ay “nagkasakit.” Kung siya ay malusog, at walang kapansanan, bakit kakailanganing magbayad ng halaga, at gumugol ng panahon sa mesang pang-opera? Ngunit ang mga katunayan ay hindi maaaring bawiin—sinong nagsabi sa tao na huwag magbigay-pansin sa “kalinisan ng pagkain”? Sinong nagsabi sa kanya na huwag magbigay-pansin sa pagiging malusog? Sa kasalukuyan, ano pang ibang paraang mayroon Ako? Upang ipakita ang Aking kahabagan sa tao, pumapasok Ako sa “silid pang-opera” kasama niya—at sinong nagsabi sa Akin na mahal ang tao? Sa gayon, personal Kong pinupulot ang “kutsilyong pang-opera” at nagsisimulang “operahan” ang tao upang maiwasan ang anumang kumplikasyon. Dahil sa Aking katapatan sa tao, lumuluha ang mga tao sa kalagitnaan ng sakit upang ipakita ang kanilang pasasalamat sa Akin. Naniniwala ang mga tao na pinahahalagahan Ko ang personal na katapatan, na tutulong Ako kapag ang Aking “mga kaibigan” ay nahihirapan, at higit pang nagpapasalamat ang mga tao para sa Aking kabaitan, at sinasabing padadalhan nila Ako ng “mga regalo” kapag gumaling na sa karamdaman—nguni’t hindi Ko pinakikinggan ang ganitong mga pagpapahayag ng layunin, at sa halip ay nakatuon Ako sa pag-oopera sa tao. Dahil sa pisikal na kahinaan ng tao, sa ilalim ng epekto ng patalim, mariin siyang pumipikit at gulat na nakahiga sa mesang pang-opera—gayunma’y hindi Ko pinapansin, nagpapatuloy lamang Akong gawin ang gawain sa kasalukuyan. Kapag natapos na ang operasyon, nakatakas na ang mga tao mula sa “pagkakasakmal ng tigre.” Pinalulusog Ko sila ng mga mayamang sustansya, at kahit hindi nila ito nalalaman, ang mga sustansya sa loob nila ay unti-unting dumarami. Pagkatapos ay ngumingiti Ako sa kanila, at nakikita lamang nila nang malinaw ang Aking tunay na mukha matapos nilang mabawi ang kanilang kalusugan, kaya’t lalo pa nila Akong minamahal, itinuturing nila Ako bilang kanilang ama—at hindi ba’t ito ang pagkakaugnay sa pagitan ng langit at lupa?

Mayo 4, 1992

Kabanata 40

Nakatutok ang mga tao sa bawat galaw Ko, na para bang ibabagsak Ko ang kalangitan, at palagi silang nagugulumihanan sa Aking mga gawa, na para bang ang Aking mga gawa ay lubos na hindi nila maarok. Sa gayon, kumukuha sila ng kanilang hudyat mula sa Akin sa lahat ng kanilang ginagawa, takot na takot na magkasala sila sa Langit at itapon sa “mundo ng mga mortal.” Hindi Ko sinusubukang hanapin ang anumang bagay na magagamit Ko laban sa mga tao, o ginagawang layon ng Aking gawain ang kanilang mga pagkukulang. Sa sandaling ito, napakasaya nila, at umaasa sila sa Akin. Kapag nagbibigay Ako sa tao, minamahal Ako ng mga tao tulad ng pagmamahal nila sa sarili nilang buhay, ngunit kapag humihingi Ako ng mga bagay-bagay

mula sa kanila, lumalayo sila sa Akin. Bakit ganito? Hindi ba nila maisasagawa ang “pagkamakatarungan at pagkamakatwiran” ng mundo ng tao? Bakit ba Ako paulit-ulit na humihingi ng ganoon sa mga tao? Talaga bang walang-wala Ako? Tinatrato Akong parang pulubi ng mga tao. Kapag humihingi Ako ng mga bagay-bagay sa kanila, itinataas nila ang mga “tira-tira” nila sa Aking harapan para “matamasa” Ko, at sinasabi pa nila na espesyal ang pag-aalaga nila sa Akin. Tinitingnan Ko ang kanilang pangit na mukha at kakatwang kalagayan, at minsan Ko pang nililisan ang tao. Sa ilalim ng gayong mga sitwasyon, hindi pa rin makaintindi ang mga tao, at minsan Ko pang binabawi ang mga bagay na naipagkait Ko sa kanila, na naghihintay sa Aking pagbalik. Nakagugol Ako ng mahabang panahon at nagbayad ng malaking halaga alang-alang sa tao—ngunit sa panahong ito, sa di-malamang dahilan, nananatiling walang kakayahan ang konsiyensya ng mga tao na gampanan ang kanilang orihinal na tungkulin. Dahil dito, inilista Ko ang “patuloy na pagdududa” na ito sa “mga salita ng hiwaga,” para magsilbing “sanggunian” para sa susunod na mga henerasyon, dahil ito ay “mga resulta ng siyentipikong pagsasaliksik” bunga ng “pagpapagal” ng mga tao; paano Ko magagawang basta na lamang burahin ang mga iyon? Hindi ba ito magiging “pagbiga” sa mabubuting layunin ng mga tao? Tatal naman, mayroon Akong konsiyensya, kaya hindi Ako nakikisali sa tuso at sabwatang mga kilos ng tao—hindi ba gayon ang Aking mga gawa? Hindi ba ito ang “pagkamakatarungan at pagkamakatwiran” na binabanggit ng tao? Sa tao, walang-humpay na Akong gumawa hanggang sa kasalukuyan. Sa pagdating ng mga panahong gaya ngayon, hindi pa rin Ako kilala ng mga tao, tinatrato pa rin nila Akong parang estranghero, at, dahil dinala Ko na sila sa “dulong hangganan,” lalo pa silang namumuhi sa Akin. Sa panahong ito, matagal nang naglaho nang walang bakas ang pagmamahal sa kanilang puso. Hindi Ako nagyayabang, lalong hindi Ko minamaliit ang tao. Maaari Kong mahalin ang tao nang walang hanggan, at maaari Ko rin siyang kamuhian nang walang hanggan, at hinding-hindi ito magbabago, sapagkat matiyaga Ako. Subalit walang ganitong tiyaga ang tao, laging pabagu-bago ang damdamin niya sa Akin, bahagya lamang niya Akong pinapansin kapag nagbubuka Ako ng Aking bibig, at kapag nagtitikom Ako ng Aking bibig at wala Akong anumang sinasabi, agad siyang nawawala sa mga alon ng malaking mundo. Sa gayon, pinaikli Ko ito sa isa pang kasabihan: Walang tiyaga ang mga tao, at sa gayon ay hindi nila kayang mapalugod ang puso Ko.

Habang nangangarap ang mga tao, naglalakbay Ako sa mga bansa ng mundo at nagkakatat sa tao ng “amoy ng kamatayan” na nasa Aking mga kamay. Tinatalikuran kaagad ng lahat ng tao ang kasiglahan at pumapasok sa susunod na baitang ng buhay ng tao. Sa gitna ng sangkatauhan, hindi na makikita ang anumang mga bagay na may buhay, nagkakat ang mga bangkay kung saan-saan, ang mga bagay na puno ng sigla ay naglaho kaagad nang walang bakas, at pumupuno ang nakasusulasok na amoy ng mga bangkay sa lupain. Agad Kong tinatakpan ang Aking mukha at nililisan ang tao, sapagkat sinisimulan Ko ang susunod na hakbang ng gawain, na binibigyan yaong mga nakarating nang buhay ng isang lugar na matitirhan at nagsasanhi na lahat ng tao ay

manirahan sa isang ulirang lugar. Ito ang pinagpalang lupain—isang lupaing walang kalungkutan o hinagpis—na inihanda Ko para sa tao. Ang tubig na bumubulwak mula sa mga bukal ng lambak ay napakalinaw hanggang ilalim, walang-tigil itong dumadaloy at hinding-hindi natutuyo; nabubuhay ang mga tao na kasundo ang Diyos, umaawit ang mga ibon, at sa gitna ng banayad na simoy ng hangin at init ng araw, kapwa namamahinga ang langit at lupa. Ngayon, dito, magulo ang pagkahimlay ng mga bangkay ng lahat ng tao. Hindi alam ng mga tao, pinakakawalan Ko ang salot na nasa Aking mga kamay, at nabubulok ang katawan ng mga tao, na walang iniwang bakas ng laman mula ulo hanggang paa, at lumalayo Ako nang husto mula sa tao. Hinding-hindi na Ako muling makikitipon sa tao, hinding-hindi na Ako muling paparito sa tao, sapagkat dumating na ang wakas ng huling yugto ng Aking buong pamamahala, at hindi Ko na muling lilikhain ang sangkatauhan, hindi Ko na pakikinggang muli ang tao. Matapos basahin ang mga salita mula sa Aking bibig, nawawalan ng pag-asa ang lahat ng tao, sapagkat ayaw nilang mamatay—ngunit sino ang hindi “namamatay” para “mabuhay”? Kapag sinasabi Ko sa mga tao na wala Akong mahika para buhayin sila, bumubulalas sila ng iyak sa sakit; tunay nga, bagama’t Ako ang Lumikha, mayroon lamang Akong kapangyarihang patayin ang mga tao, at wala Akong kakayahang buhayin sila. Dito, humihingi Ako ng paumanhin sa tao. Sa gayon, sinabi Ko nang maaga sa tao na “may utang Ako sa kanya na hindi mababayaran”—subalit akala niya ay gumagalang lamang Ako. Ngayon, sa pagdating ng mga katunayan, sinasabi Ko pa rin ito. Hindi Ko pagtataksilan ang mga katunayan kapag Ako ay nagsalita. Sa kanilang mga kuru-kuro, naniniwala ang mga tao na napakarami Kong paraan ng pagsasalita, kaya nga lagi silang nakakapit sa mga salitang ibinibigay Ko sa kanila habang umaasa sila ng iba pa. Hindi ba ito ang mga maling motibasyon ng tao? Sa ilalim ng mga sitwasyong ito Ako nangangahas na “buong-tapang” na sabihin na hindi totoong mahal Ako ng tao. Hindi Ko tatalikuran ang konsiyensiya at babaluktutin ang mga katunayan, sapagkat hindi Ko dadalhin ang mga tao sa kanilang ulirang lupain; sa huli, kapag natapos ang Aking gawain, aakayin Ko sila sa lupain ng kamatayan. Kaya makabubuting huwag magreklamo ang mga tao tungkol sa Akin. Hindi ba ito dahil “mahal” Ako ng mga tao? Hindi ba ito dahil sa napakasidhi ng kanilang pagnanasa sa mga pagpapala? Kung ayaw maghangad ng mga tao ng mga pagpapala, paano nagkaroon ng ganitong “kasawian”? Dahil sa “katapatan” ng mga tao sa Akin, dahil sumunod na sila sa Akin sa loob ng maraming taon, na nagsusumikap sa kabila ng hindi pagbibigay ng anumang kontribusyon, ibinubunyang Ko sa kanila ang kaunti ng nangyayari sa “lihim na silid”: Dahil doon, ngayon, kailangan pang umabot ang Aking gawain sa isang tiyak na punto at kailangan pang itapon ang mga tao sa nag-aapoy na hukay, pinapayuhan Ko silang umalis sa lalong madaling panahon—lahat ng nananatili ay malamang na magdanas ng kasawian at bahagyang suwerte, at hindi pa rin nila maiiwasan ang kamatayan sa huli. Binubuksan Ko nang husto ang “pinto patungo sa kayamanan” para sa kanila; sinuman ang handang umalis ay dapat humayo kaagad sa lalong madaling panahon—kung maghihintay sila hanggang dumating ang pagkastigo,

magiging huli na ang lahat. Ang mga salitang ito ay hindi pangungutya—totoo ang mga bagay na ito. Ang Aking mga salita ay binibigkas sa tao nang may malinis na konsiyensya, at kung hindi kayo hahayo ngayon, kailan pa? Totoo bang nagagawang magtiwala ng mga tao sa Aking mga salita?

Hindi Ko kailanman napag-isipang masyado ang tadhana ng tao; sinusunod Ko lamang ang sarili Kong kalooban, nang hindi napipigilan ng mga tao. Paano Ko babawiin ang Aking kamay dahil sa kanilang mga pangamba? Sa kabuuan ng Aking buong plano ng pamamahala, hindi Ako kailanman gumawa ng anumang karagdagang mga pagsasaayos para sa mga karanasan ng tao. Kumikilos lamang Ako ayon sa Aking orihinal na plano. Noong araw, “inialay” ng mga tao ang kanilang sarili sa Akin at Ako ay sala sa init, sala sa lamig sa kanila. Ngayon, “isinakripisyo” na nila ang kanilang sarili para sa Akin, at nananatili Akong sala sa init, sala sa lamig tungo sa kanila. Hindi Ako kampante dahil isinasakripisyo ng mga tao ang kanilang buhay para sa Akin, ni hindi Ako nadaraig ng matinding galak, kundi patuloy Ko silang ipinadadala sa bitayan alinsunod sa Aking plano. Hindi Ko pinapansin ang kanilang saloobin habang nangungumpisal—paano maaantig ng puso ng mga tao ang Aking nanlalamig na puso? Isa ba Ako sa emosyonal na mga hayop sa sangkatauhan? Maraming ulit Ko nang pinaalalahanan ang mga tao na wala Akong emosyon, ngunit ngumingiti lamang sila, naniniwalang magalang lamang Ako. Nasabi Ko nang “Wala Akong alam sa mga pilosopiya ng sangkatauhan sa pamumuhay,” ngunit gayon ang naiisip ng mga tao kailanman, at sinabi nila na napakarami Kong paraan ng pagsasalita. Dahil sa mga limitasyon ng kuru-kurong ito ng tao, hindi Ko alam kung sa anong tono, at sa anong kaparaanan, magsasalita sa mga tao—kaya nga, dahil wala nang ibang pagpipilian, makapagsasalita lamang Ako nang tahasan. Ano pa ang magagawa Ko? Ang kaparaanan ng pagsasalita ng mga tao ay napakarami—sinasabi nila na “Hindi tayo dapat umasa sa mga emosyon kundi magsagawa ng katuwiran,” na siyang klase ng sawikain na maraming taon na nilang naisigaw, ngunit hindi nila nagawang kumilos alinsunod sa kanilang mga salita, hungkag ang kanilang mga salita—kaya sinasabi Ko na walang kakayahan ang mga tao na “pagsabayin ang kanilang mga salita at pagsasakatuparan.” Sa kanilang puso, naniniwala ang mga tao na ang pagkilos nang gayon ay pagtulad sa Akin—subalit wala Akong interes sa kanilang pagtulad, sawang-sawa na Ako roon. Bakit ba palaging lumalaban ang mga tao sa Isa na nagpapakain sa kanila? Nagbigay na ba Ako ng kakaunti sa tao? Bakit laging palihim na sinasamba ng mga tao si Satanas sa Aking likuran? Para bagang nagtatrabaho sila para sa Akin at hindi sapat ang buwanang suweldong ibinibigay Ko sa kanila para tugunan ang kanilang mga gastos sa pamumuhay, na siyang dahilan kaya naghahanap sila ng ibang trabaho sa labas ng mga oras ng trabaho upang madoble ang kanilang sahod—sapagkat napakalaki ng gastusin ng mga tao, at tila hindi nila alam kung paano makaraos. Kung talagang gayon, hihingin Kong umalis na sila sa Aking “pabrika.” Noong araw, ipinaliwanag Ko sa tao na ang pagtatrabaho para sa Akin ay walang kasamang

anumang espesyal na pagtrato: Walang eksepsyon, tinatrato Ko ang mga tao nang makatarungan at makatwiran, na ginagamit ang sistema ng “kung magpapakasipag ka, kikita ka ng malaki, kung magpapakatamad ka, maliit lang ang kikitain mo, at kung hindi ka magtatrabaho, wala kang kikitain.” Kapag nagsasalita Ako, wala Akong inililihim; kung naniniwala ang sinuman na napakahigpit ng Aking “mga panuntunan sa pabrika,” dapat na silang lumabas kaagad, babayaran Ko ang “pamasahe” nila palabas ng bayan. “Maluwag” Ako sa Aking pamamahala sa gayong mga tao, hindi Ko sila pinipilit na manatili. Sa napakaraming taong ito, wala ba Akong makikitang isang “manggagawa” na kaayon ng Aking sariling puso? Hindi Ako dapat maliitin ng mga tao! Kung sinusuwat pa rin Ako ng mga tao at nais nilang maghanap ng “trabaho” sa ibang lugar, hindi Ko sila pipilitin—tatanggapin Ko ito, wala Akong pagpipilian! Hindi ba ito dahil napakarami Kong “mga panuntunan at regulasyon”?

Mayo 8, 1992

Kabanata 41

Ako ay minsang nagsagawa ng isang malaking gawain sa gitna ng mga tao, ngunit hindi nila napansin, kaya kinailangan Kong gamitin ang Aking salita upang ibunyag ito sa kanila nang paisa-isang hakbang. Gayunman, hindi pa rin maunawaan ng tao ang Aking mga salita, at nanatili siyang walang-alam sa layunin ng Aking plano. Kung kaya, dahil sa kanilang mga kakulangan at kapintasan, gumawa ang mga tao ng mga bagay-bagay upang gambalain ang Aking pamamahala, at nagbigay ito ng pagkakataon sa lahat ng uri ng maruruming espiritu na pumasok, kaya ang sangkatauhan ay naging mga biktima ng mga ito at pinahirapan ng maruruming espiritong ito hanggang sila ay lubos na dumumi. Doon Ko lamang malinaw na nakita ang mga hangarin at mithiin ng tao. Bumuntong-hininga Ako sa loob ng mga ulap: Bakit ang mga tao ay palaging kumikilos para sa kanilang sarili? Hindi ba ang Aking mga pagkastigo ay para gawin silang perpekto? Sinasadya Ko bang patamaan ang positibo nilang saloobin? Ang wika ng tao ay napakaganda at malumanay, samantalang ang kanyang mga pagkilos ay lubos na napakagulo. Bakit ang Aking mga hinihingi sa tao ay palaging nauuwi sa wala? Ito ba ay dahil mistulang hinihingi Ko sa isang aso na umakyat sa isang puno? Na lumilikha Ako ng labis na kuskus-balungos mula sa wala? Habang Aking isinasakatuparan ang Aking buong plano ng pamamahala, nakalikha Ako ng sari-saring “mga eksperimentong plano;” gayunman, sanhi ng masamang kondisyon, at ng napakaraming taon na walang sikat ng araw, ang kalupaan ay patuloy na nagbabago, na humahantong sa “pagkasira” ng lupa. Kaya sa Aking alaala, pinabayaan Ko na ang di-mabilang na sukat ng lupa na tulad nito. Maging sa kasalukuyan, malaking bahagi ng kalupaan ang patuloy na nagbabago. Kung balang-araw ang lupa ay talagang magbabago ng uri, agaran Ko itong

isasantabi—hindi ba iyan mismo ang gawain ko sa kasalukuyang yugto? Ngunit ang sangkatauhan ay wala ni katiting na kamalayan tungkol dito; sila ay “kinakastigo” lamang sa ilalim ng Aking “paggabay.” Ano ang silbi noon? Maaari ba Akong maging isang Diyos na hayagang dumarating upang kastiguhin ang tao? Sa kalangitan sa itaas, minsan Akong nagplano na kapag Ako ay makasama ng mga tao, Ako ay makikipag-isa sa kanila, upang lahat ng Aking minamahal ay magiging malapit sa Akin. Subalit sa kasalukuyan, matapos umabot sa kasalukuyang yugtong ito, hindi lamang hindi nakikipag-ugnayan ang tao sa Akin, ngunit sa halip ay pinananatili niya ang kanyang agwat mula sa Akin dahil sa Aking pagkastigo. Hindi Ako tumatangis dahil sa kanyang pag-iwas. Ano ang maaaring magawa tungkol dito? Ang mga tao ay pawang mga nagtatanghal na kumakanta kasabay ng anumang awiting pinatutugtog. Kumpiyansa Ako sa kakayahan Kong hayaan ang mga tao na “makawala” mula sa Aking pagkakahawak, at higit pa ang kumpiyansa Ko sa Aking kakayahan na maibalik sila sa Aking “pabrika” mula sa “ibang mga bahagi.” Sa sugpungang ito, anong karaingan ang maaaring posibleng magkaroon ang tao? At ano ang maaaring posibleng gawin ng tao sa Akin? Hindi ba’t ang mga tao ay ang mga damong lumalago sa ibabaw ng pader? Gayunman, hindi Ko sinasaktan ang mga tao para sa pagkakamaling ito, kundi sa halip ay binibigyan sila ng Aking sustansya. Ang mga tao ay mahina, walang lakas, at kulang sa sustansya; ganoon lamang talaga sila. Binabago Ko ang malalamig na puso ng mga tao sa pamamagitan ng Aking mainit na yakap: Sino pa ang maaaring gumawa ng gayong bagay? Bakit Ko isinagawa ang gayong gawain sa piling ng tao? Mauunawaan ba talaga ng tao ang Aking puso?

Sa lahat ng taong Aking pinili, Ako ay pumasok sa isang “negosyo,” kaya palaging labas-pasok ang mga tao sa Aking tahanan, sa isang walang-katapusang daloy. Silang lahat ay gumagawa ng sari-saring pormalidad sa Aking tahanan, na para bang sila ay nakikipagtalakayan ng tungkol sa negosyo sa Akin, na ginagawang abalang-abala ang Aking gawain, at kung minsan ay labis-labis na wala na Akong pagkakataong asikasuhin ang mga alitan sa pagitan nila. Hinihimok Ko ang mga tao na huwag nang dumagdag sa Aking mga pasanin; mas mabuting iplano nila ang kanilang sariling landas sa halip na patuloy na umaasa sa Akin. Hindi sila maaaring laging maging mga bata sa Aking tahanan; ano ang magiging kapakinabangan doon? Ang Aking ginagawa ay isang mahalagang negosyo; hindi Ako nagpapatakbo ng “tindahan ng meryenda sa barangay,” o ng isang “sari-sari store.” Hindi nauunawaan ng lahat ng tao ang takbo ng Aking pag-iisip, na para bang sinasadya nilang makipagbiruan sa Akin, na tila ba silang lahat ay makukulit na bata na may di-mapawing kagustuhan na maglaro at hindi kailanman isinasaalang-alang ang mga seryosong bagay, na nagdudulot sa marami na mabigong tapusin ang kanilang mga “takdang gawain” na ibinigay Ko sa kanila. Paano nagkaroon ng lakas ng loob ang mga taong tulad nito na ipakita ang kanilang mukha sa “guro” nila? Bakit hindi nila kailanman inaasikaso ang mga dapat nilang gawin? Anong uri ng bagay ang puso ng tao? Hanggang ngayon ay hindi pa rin ito malinaw sa Akin. Bakit ang puso

ng tao ay walang tigil na nagbabago? Tulad ito ng isang araw ng Hunyo: Ngayon ay napakainit ng araw, tapos ay kumakapal ang mga ulap, at tapos ay umuungol ang malakas na hangin. Kaya bakit ang tao ay hindi natututo mula sa karanasan? Marahil ang sinabi Ko ay isang eksaherasyon. Ni hindi nga marunong ang mga tao na magdala ng payong sa panahon ng tag-ulan, kaya dahil sa kanilang kamangmangan, hindi na mabilang ang pagkakataon na sila ay nabasa nang husto ng biglaang pagbuhos ng ulan, na tila ba sadya Ko silang binibiro at sila ay palaging binubuhusan ng ulan mula sa langit. O marahil ito ay dahil masyado Akong “malupit,” ginugulo ang isip ng mga tao at kaya palaging sabog ang pag-iisip nila, hindi malaman kailanman kung ano ang gagawin. Walang tao ang tunay na nakaunawa sa layunin o kabuluhan ng Aking gawain. Dahil dito, ginagawa nilang lahat ang gawaing ito ng paggambala at pagkastigo sa kanilang sarili. Sinasadya Ko ba talagang kastiguhin ang tao? Bakit gumagawa ng gulo ang mga tao para sa kanilang sarili? Bakit palagi silang nagpapahuli sa bitag? Bakit hindi sila nakikipagkasundo sa Akin, ngunit sa halip ay naghahanap ng paraan upang gumawa ng gawain para sa kanilang sarili? Maaari kaya na hindi sapat ang lahat ng ibinibigay Ko sa tao?

Aking inilathala ang Aking “unang gawain” sa gitna ng buong sangkatauhan, at dahil masyadong pinahanga ng Aking inilathala ang mga tao, ito ay detalyado at maingat na pinag-aralan nilang lahat, at sa pamamagitan ng masusing pag-aaral na ito, napakarami nilang nakamit. Tila isang kamangha-mangha, at napakakomplikadong nobela ang Aking isinulat; ito ay parang isang tulang prosa ng pag-ibig; ito ay parang isang talakayan sa isang palatuntunang pampulitika; ito ay tila isang koleksyon ng pang-ekonomiyang karunungan. Dahil ang Aking isinulat ay napakasagana, maraming magkakaibang opinyon tungkol dito, at walang sinumang nakapagbibigay ng isang paunang-salita na nagbubuod sa gawain Kong ito. Maaaring may “katangi-tanging” kaalaman at talento ang mga tao, ngunit ang gawain Kong ito ay sapat na upang lituhin ang lahat ng may kakayahan at talentadong tao. Kahit na sinasabi nila na, “Maaaring dumaloy ang dugo, maaaring umagos ang mga luha, ngunit hindi dapat iyuko ng isang tao ang kanyang ulo,” hindi nila namamalayang naiyuko na nila ang kanilang ulo upang ipahayag ang kanilang pagsuko sa harap ng Aking isinulat. Mula sa mga aral ng kanyang karanasan, ibinuod ng tao ang Aking isinulat na tulad ng isang panlangit na aklat na nahulog mula sa himpapawid. Gayunpaman ay hinihimok Ko ang tao na huwag maging masyadong maramdamin. Sa Aking pananaw, ang lahat ng Aking sinabi ay napakakaraniwan; gayunman, umaasa Ako na sa Ang Ensiklopedya ng Buhay na nilalaman ng Aking gawa, makakahanap ang mga tao ng paraan ng ikabubuhay; sa Hantungan ng Tao, maaari nilang hanapin ang kahulugan ng buhay; sa Ang Mga Lihim ng Langit, maaari nilang hanapin ang Aking kalooban; at sa Ang Landas ng Sangkatauhan, maaari nilang hanapin ang sining ng pamumuhay. Hindi ba magiging mas mabuti ang mga bagay-bagay sa ganitong paraan? Hindi Ko pinipilit ang tao; kung ang isang tao ay “hindi interesado” sa Aking isinulat, “isasauli” Ko ang kanyang ibinayad sa Aking aklat, dagdag

pa ang “bayad sa serbisyo.” Hindi Ko pinipilit ang sinuman. Bilang may-akda ng aklat na ito, ang tangi Kong inaasahan ay na mamahalin ng mga mambabasa ang Aking gawa, ngunit ang mga nagugustuhan ng mga tao ay palaging magkakaiba. Kung kaya, hinihimok Ko ang mga tao na huwag ikompromiso ang kanilang panghinaharap na mga pagkakataon dahil lamang sa hindi nila kayang pakawalan ang mga pagsasaalang-alang ng karangalan. Kung gagawin nila iyan, sa kabaitan Kong ito, paano Ko matitiis ang gayon kalaking kahihyan? Kung kayo ay mga mambabasa na gustung-gusto ang Aking gawa, umaasa Ako na ipapaabot ninyo sa Akin ang inyong mahahalagang mungkahi, upang Aking mas mapaunlad ang Aking pagsusulat, at nang sa gayon, sa pamamagitan ng mga pagkakamali ng tao ay mapapabuti ang nilalaman ng Aking isinusulat. Ito ay magiging kapaki-pakinabang kapwa sa may-akda at sa mambabasa, hindi ba? Hindi Ko alam kung tama ang pagsasabi Ko nito, at marahil sa ganitong paraan ay mapagbubuti Ko ang Aking kakayahan sa pagsulat, o marahil ay mapapalakas nito ang ating pagkakaibigan. Sa kabuuan, Ako ay umaasa na ang lahat ng tao ay maaaring makipagtulungan sa Aking gawain, nang hindi ito ginagambala, upang ang Aking salita ay maaaring maihatid sa bawat pamilya at tahanan, at upang ang lahat ng tao sa lupa ay maaaring makapamuhay sa Aking mga salita. Ito ang Aking layunin. Ako ay umaasa na sa pagbabasa ng Ang Kabanata sa Buhay sa Aking mga salita, ang lahat ay maaaring may matamo, maging ito man ay mga kasabihan sa buhay, o kaalaman sa mga kamaliang sumasapit sa mundo ng mga tao, o kung ano ang Aking hinihingi sa tao, o ang “mga lihim” ng mga tao ng kaharian sa kasalukuyan. Gayunman, hinihimok Ko ang mga tao na tingnan ang Ang Mga Iskandalo ng mga Tao Ngayon; ito ay magiging kapaki-pakinabang sa lahat. At hindi rin masamang basahin nang madalas ang Ang mga Pinakabagong Lihim, na magiging higit pang kapaki-pakinabang sa buhay ng mga tao. Muli, madalas na basahin ang kolum ng Maiinit na Paksa—hindi ba’t ito ay higit pang kapaki-pakinabang sa buhay ng mga tao? Walang masama sa paghingi ng Aking payo, ang tingnan kung ito ay may anumang epekto, at pagkatapos ay sabihin sa Akin kung ano ang inyong naramdaman pagkatapos ninyong mabasa ito, upang maaari Kong ireseta ang tamang gamot, at sa huli ay ganap na maalis ang lahat ng karamdaman ng sangkatauhan. Hindi Ko alam kung ano ang iniisip ninyo tungkol sa Aking mga mungkahi, ngunit Ako ay umaasa na ituturing ninyo ang mga iyon bilang inyong sanggunian. Ano sa palagay ninyo?

Mayo 12, 1992

Kabanata 42

Sa sandaling magsimula ang bagong gawain, lahat ng tao ay may bagong pagpasok, at sila ay susulong na kakapit-kamay Ko. Magkasama kaming naglalakad sa malaking daan ng kaharian, at may matalik na kaugnayan sa pagitan Ko at ng tao.

Para ipakita ang Aking damdamin at ipamalas ang Aking saloobin sa tao, palagi Akong nagsasalita sa tao. Gayunman, ang ilan sa mga salitang ito ay maaaring makasakit sa mga tao, samantalang ang ilan ay maaaring maging malaking tulong sa kanila, kaya nga pinapayuhan Ko ang mga tao na makinig nang mas madalas sa mga salitang nagmumula sa Aking bibig. Ang Aking mga pagbigkas ay maaaring partikular na hindi elegante, ngunit lahat ng iyon ay mga salitang nagmumula sa kaibuturan ng Aking puso. Dahil kaibigan Ko ang sangkatauhan, nagpatuloy na Akong isakatuparan ang Aking gawain sa tao, at ginagawa rin ng tao ang kanyang makakaya upang makipagtulungan sa Akin, na takot na takot na magambala ang Aking gawain. Sa sandaling ito, puspos ng malaking galak ang puso Ko, sapagkat nakamit Ko na ang ilang tao, kaya nga wala na sa taghirap ang Aking “pagsisikap”; hindi na ito binubuo ng hungkag na mga salita, at hindi na mabagal ang takbo ng Aking “natatanging produktong pangalakal.” Matino naman pala ang mga tao—handa silang lahat na “ialay ang kanilang sarili” para sa Aking pangalan at Aking kaluwalhatian, at sa ganitong paraan lamang magtatamo ng ilang bagong “produkto” ang Aking “tindahan ng mga natatanging bagay,” kaya nga sa espirituwal na dako maraming “suki” ang dumarating para bumili ng Aking “mga produkto.” Mula lamang sa sandaling ito Ako nagtatamo ng kaluwalhatian; saka lamang hindi na hungkag ang mga salitang sinasambit mula sa Aking bibig. Nagwagi na Ako at nakabalik na tagumpay, at ipinagbunyi Ako ng lahat ng tao. Sa sandaling ito dumarating din ang malaking pulang dragon para “magbunyi,” para ipakita ang paghanga nito sa Akin, para ipakita na sumusuko na ito sa Aking paanan, at na tinitingnan Ko bilang kaluwalhatian. Mula noong panahon ng paglikha hanggang ngayon, nakipaglaban na Ako sa maraming matatagumpay na digmaan, at nakagawa na ng maraming bagay na kahanga-hanga. Maraming taong minsan ay ipinagbunyi Ako, pinapurihan Ako, at sumayaw para sa Akin. Bagama’t nakakaantig at hindi malilimutan ang mga tagpong ito, hindi Ko ipinakita kailanman ang Aking ngiti, sapagkat kailangan Ko pang lupigin ang tao, at ginagawa Ko lamang ang bahagi ng gawaing kahawig ng paglikha. Ang ngayon ay hindi katulad ng nakaraan. Nakangiti Ako mula sa luklukan, nalupig Ko na ang tao, at yumuyukod ang lahat ng tao sa pagsamba sa Aking harapan. Ang mga tao ng ngayon ay hindi ang mga tao ng nakaraan. Paano maaaring maging para sa kapakanan ng anuman ang Aking gawain kundi para sa kasalukuyan? Paano ito magiging para sa anuman kundi para sa Aking kaluwalhatian? Para sa kapakanan ng mas maningning na kinabukasan, lilinawin Ko ang lahat ng Aking gawain sa tao nang maraming ulit, upang ang Aking buong kaluwalhatian ay “mapahinga” sa tao, na nilikha. Ituturing Ko ito bilang prinsipyo ng Aking gawain. Sa mga handang makipagtulungan sa Akin, bumangon at magpakasipag upang mapuno ng mas marami sa Aking kaluwalhatian ang kalangitan. Ngayon ang panahon upang isakatuparan ang malalaking plano. Lahat niyaong nasa ilalim ng pangangalaga at proteksyon ng Aking pagmamahal ay may pagkakataong gamitin ang kanilang mga kakayahan dito sa Akin, at Aking mamaniobrahin ang lahat ng bagay para “uminog” alang-alang sa Aking gawain. Ang

mga ibong lumilipad sa himpapawid ay Aking kaluwalhatian sa himpapawid, ang mga karagatan sa lupa ay Aking mga gawa sa lupa, ang panginoon ng lahat ng bagay ay Aking pagpapamalas sa lahat ng bagay, at ginagamit Ko ang lahat ng mayroon sa lupa bilang puhunan para sa Aking pamamahala, upang lahat ng bagay ay dumami, yumabong, at magingning nang masigla.

Sa panahon ng paglikha, Akin nang itinalaga na ang Aking gawain sa lupa ay ganap na matatapos sa huling kapanahunan. Matatapos ang Aking gawain sa sandali mismo na maipakita ang lahat ng Aking mga ginagawa sa kalangitan. Papangyarihin Ko na kilalanin ng mga tao sa lupa ang Aking mga ginagawa, at mapapatunayan ang Aking mga gawa sa harap ng “luklukan ng paghatol,” upang ang mga iyon ay kilalanin ng mga tao sa buong daigdig, na magsisisukong lahat. Sa gayon, pagkatapos nito ay magsisimula Ako ng isang proyekto na hindi pa kailanman naisakatuparan sa nakaraang mga kapanahunan. Mula sa araw na ito, gagawin Kong simple ang Aking mga gawa sa paisa-isang hakbang, upang ang Aking karunungan, ang Aking pagiging kamangha-mangha, at ang Aking pagiging mahirap maarok ay kilalanin at mapatunayan sa bawat sektor ng lipunan. Sa partikular, lahat ng namumunong partido sa lupa ay hihikayating kilalanin ang Aking mga gawa, sa gayon ay huhusgahan ng “mga hukom,” at “ipagtatanggol” ng “mga abugado” ang Aking mga ginagawa, at sa gayon ay kikilalanin ang Aking mga ginagawa, na magiging dahilan para magyuko ng ulo at sumuko ang lahat ng tao. Magmula sa sandaling ito, kilalanin ng bawat sektor ng lipunan ang Aking mga kilos, at ito ang magiging sandali kung kailan Ko tatamuhin ang buong kaluwalhatian sa lupa. Sa sandaling iyon, magpapakita Ako sa tao at hindi na magiging tago. Sa kasalukuyan, kailangan pang umabot ang Aking mga gawa sa ruok ng mga ito. Ang Aking gawain ay sumusulong, at kapag umabot ito sa ruok nito, matatapos na ito. Lubos Kong lulupigin ang mga tao ng lahat ng bansa, sasanhiin Kong maging kasing-amo ng mga cordero ang mababangis na hayop sa Aking harapan, at sasanhiin Kong magpasakop sa Aking harapan ang malaking pulang dragon na tulad ng mga tao sa lupa. Tatalunin Ko ang lahat ng Aking kaaway sa langit, at sasanhiin Kong malupig ang lahat ng Aking kalaban sa lupa. Ito ang Aking plano, at ang pagiging kamangha-mangha ng Aking mga gawa. Ang tanging magagawa ng tao ay mabuhay sa ilalim ng impluwensya ng kalikasan, sa ilalim ng Aking patnubay—hindi siya makakagawa ng kanyang sariling mga desisyon! Sino ang makakatakas sa Aking kamay? Napagbukud-bukod Ko na ang buong kalikasan sa iba-ibang kategorya, sinasanhi itong umiral sa ilalim ng mga batas, at dahil lamang dito kaya may gayong mga batas sa ibabaw ng lupa bilang init sa tagsibol at lamig sa taglagas. Nalalanta ang mga bulaklak sa lupa sa taglamig at bumubukadkad sa tag-init dahil sa pagiging kamangha-mangha ng Aking kamay; lumilipad ang mga gansa pahilaga sa taglamig dahil binabago Ko ang temperatura; at dumadagundong ang karagatan dahil nais Kong lunurin ang mga bagay-bagay sa ibabaw ng tubig. Ano ang hindi Ko isinasaayos? Mula sa sandaling ito, ang “ekonomiya ng kalikasan” ng tao ay lubos na nalupig ng Aking mga salita, at hindi na inaalis ng mga tao ang Aking presensya

dahil sa pag-iral ng “mga batas ng kalikasan.” Sino ang muling magtatatwa sa pag-iral ng Pinuno ng lahat ng bagay? Sa langit, Ako ang Pinuno; sa lahat ng bagay, Ako ang Panginoon; at sa lahat ng tao, Ako ang nangunguna sa lahat. Sino ang nangangahas na bahagyang pahiran ito ng “pintura”? Maaari bang putulin ng mga kasinungalingan ang pag-iral ng katotohanan? Sa mahalagang pagkakataong ito, minsan ko pang sinisimulan ang gawain sa Aking mga kamay, hindi na nagdurusa sa pakikialam ng tao, at ipinagpapatuloy ang “pag-ikot” ng mga makina.

Nagdagdag na Ako ng sari-saring “mga pampasarap” sa Aking mga salita, at sa gayon ay maaaring magmukha Akong parang isa sa magagaling na kusinero ng sangkatauhan. Bagama’t hindi alam ng mga tao kung paano pasarapin ang kanilang pagkain, ninanamnam nila ang lasa nito; hawak ang “plato,” tinitikman nilang lahat ang “mga putahe” na Aking naihanda. Hindi Ko alam kung bakit, ngunit laging nais ng mga tao na kumain ng mas marami ng mga putaheng personal Kong inihahanda. Parang napakataas ng tingin nila sa Akin, parang nakikita nila na Ako ang pinakamataas sa lahat ng pampalasa, at wala man lamang pakialam sa ibang mga tao. Dahil napakalaki ng paggalang Ko sa sarili, ayaw Kong sirain ang “mangkok na bakal ng kanin” ng iba para sa sarili Kong mga kadahilanan. Kaya, nakikipagsapalaran Akong lumayo sa “kusina” at binibigyan Ko ng pagkakataon ang iba na patanyagin ang kanilang sarili. Sa ganitong paraan lamang matatag ang Aking puso; ayaw Kong tingalain Ako ng mga tao at maliitin nila ang iba; hindi tama iyon. Ano ang halaga ng pagkakaroon ng puwang sa puso ng mga tao? Napakayabang at napakawala Ko ba talagang katwiran? Talaga bang handa Akong humingi ng katayuan? Kung gayon, bakit Ako sumusugod sa gayon kalaking proyekto? Ayaw Kong makipagtunggali sa iba para sa kasikatan at kayamanan, at minamaliit Ko ang makamundong kasikatan at kayamanan; hindi ito ang Aking hinahangad. Hindi huwaran ang tingin Ko sa tao, hindi Ako nakikipag-away o nang-aagaw, kundi nabubuhay Ako sa pag-asa sa Aking “kagalingan,” at hindi Ako gumagawa ng kawalanghiyaan. Kaya, kapag naglalakad Ako sa buong mundo, kumikilos muna Ako at humihiling ng “kabayaran para sa Aking likha” kalaunan—ito lamang ang pagkamakatarungan at pagkamakatwirang binabanggit ng tao. Walang pagmamalabis dito, at ni hindi ito pinababa ang halaga nito ni katiting; nagsasalita Ako batay sa totoong kahulugan ng mga katunayan. Nagpaparoo’t parito Ako sa piling ng tao, naghahanap sa mga yaong makatarungan at makatwiran, subalit wala itong napala. At dahil mahilig makipagtawaran ang mga tao, napakataas o kaya’y napakababa ng halaga, kaya nga ginagawa Ko pa rin ang gawaing nasa Aking mga kamay na “napunta sa Akin para gawin.” Ngayon, hindi Ko pa rin alam kung bakit hindi sumusunod ang tao sa kanyang tungkulin, at kung bakit hindi niya alam kung gaano kataas ang kanyang tayog. Ni hindi alam ng mga tao kung ilang gramo o ilang liang^a ang timbang ng kanilang tayog. At sa gayon, niloloko pa rin nila Ako. Parang lahat ng Aking gawain ay nawalan ng kabuluhan,

^a Ang “liang” ay isang panukat ng timbang ng mga Tsino, isang liang ay 50 gramo.

parang ang Aking mga salita ay alingawngaw lamang sa malalaking kabundukan, at wala pang sinumang nakahiwatig sa mga pinag-ugatan ng Aking mga salita at pagbigkas. Kaya nga ginagamit Ko ito bilang pundasyon upang ibuod ang ikatlong talinghaga: “Hindi Ako kilala ng mga tao, sapagkat hindi nila Ako nakikita.” Para bang, matapos kainin ang Aking mga salita, umiinom ng gamot ang mga tao para matunaw ang kinain nila, at dahil napakalakas ng masasamang epekto ng gamot ay nawawala ang kanilang alaala, kaya nga nalilimutan ng sangkatauhan ang Aking mga salita, at ang lugar kung saan Ako naroon ay nagiging sulok na kanilang nalilimutan. Dahil dito, napabuntung-hininga Ako. Bakit Ako nakagawa na ng napakaraming gawain, subalit walang patunay nito sa mga tao? Hindi pa ba sapat ang Aking pagsisikap? O dahil ba sa hindi Ko naintindihan ang mga pangangailangan ng tao? Wala na Akong magagawa tungkol sa bagay na ito, at ang magagawa Ko lamang ay gamitin ang Aking mga atas administratibo upang lupigin ang lahat ng tao. Hindi na Ako magiging isang mapagmahal na ina, kundi pamamahalaan Ko ang buong sangkatauhan bilang isang mahigpit na ama!

Mayo 15, 1992

Kabanata 43

Marahil ay dahil lamang sa Aking mga atas administratibo kaya nagkaroon ng “malaking interes” ang mga tao sa Aking mga salita. Kung hindi sila pinamahalaan ng Aking mga atas administratibo, umaalulong na sana silang lahat na parang mga tigreng nagambala lamang. Araw-araw, gumagala-gala Ako sa mga ulap, minamasdan Ko ang sangkatauhang nakakalat sa lupa habang nagmamadali sila, na pinipigilan Ko sa pamamagitan ng Aking mga atas administratibo. Sa paraang ito, nananatiling maayos ang sangkatauhan, at ipinagpapatuloy Ko ang Aking mga atas administratibo. Mula sa sandaling ito, tinatanggap ng mga nasa lupa ang lahat ng paraan ng pagkastigo dahil sa Aking mga atas administratibo, at habang sumasapit ang pagkastigong ito sa kanila, nagsisigawan nang malakas at nagtatakbuhan ang buong sangkatauhan sa lahat ng direksyon. Sa sandaling ito, agad na nalilipol ang mga bansa sa lupa, naglalaho ang mga hangganan sa pagitan ng mga bansa, hindi na nahahati ang mga lugar, at wala nang naghihiwalay sa pagitan ng mga tao. Sinisimulan Kong gawin ang “gawaing ideolohikal” sa pagitan ng mga tao, upang payapang umiral nang magkakasama ang mga tao, kasama ang isa’t isa, hindi na nag-aaway, at, habang nagtatayo Ako ng mga tulay at nagtatatag ng mga koneksyon sa gitna ng sangkatauhan, nagkakaisa ang mga tao. Pupunuin Ko ang pinakamataas na langit ng mga pagpapamalas ng Aking mga kilos at papangyayarihin Kong magpatirapa ang lahat ng bagay sa lupa sa ilalim ng Aking kapangyarihan, sa gayon ay ipatutupad Ko ang Aking plano para sa “pandaigdigang pagkakaisa” at papangyayarihin Kong magkakatotoo ang isang pangarap Kong ito,

upang hindi na “magpapagala-gala” ang sangkatauhan sa balat ng lupa, kundi makatagpo ng akmang hantungan nang walang pagkaantala. Iniisip Ko ang sangkatauhan sa lahat ng paraan, ginagawa ito upang mamuhay ang buong sangkatauhan sa isang lupain ng kapayapaan at kaligayahan sa lalong madaling panahon, upang ang mga araw sa kanilang buhay ay hindi na maging malungkot at mapanglaw, at upang ang Aking plano ay hindi mawalan ng saysay sa ibabaw ng lupa. Dahil umiiral doon ang tao, itatatag Ko ang Aking bansa sa ibabaw ng lupa, sapagkat ang isang bahagi ng pagpapamalas ng Aking kaluwalhatian ay nasa ibabaw ng lupa. Sa langit sa itaas, ilalagay Ko sa ayos ang Aking lungsod para magawang bago ang lahat sa itaas at ibaba. Pagkakaisahin Ko ang lahat ng umiiral sa itaas at ibaba ng langit, upang lahat ng bagay sa lupa ay makaisa ng lahat ng nasa langit. Ito ang Aking plano; ito ang isasakatuparan Ko sa huling kapanahunan—huwag hayaang makialam ang sinuman sa bahaging ito ng Aking gawain! Ang pagpapalawak ng Aking gawain sa mga bansang Hentil ang huling bahagi ng Aking gawain sa lupa. Walang sinumang nakakaarok sa gawaing Aking gagawin, at dahil dito, medyo naguguluhan ang mga tao. At dahil abalang-abala Ako sa Aking gawain sa lupa, sinasamantala ng mga tao ang pagkakataong “maglaro.” Para mapigilan ang sobrang katigasan ng kanilang ulo, inilagay Ko na muna sila sa ilalim ng Aking pagkastigo para tiisin ang pagdidisiplina ng lawa ng apoy. Ito ay isang hakbang sa Aking gawain, at gagamitin Ko ang kapangyarihan ng lawa ng apoy upang isakatuparan ang hakbang na ito ng Aking gawain; kung hindi, magiging imposibleng isagawa ang Aking gawain. Papangyayarihin Kong magpasakop ang mga tao sa buong sansinukob sa harap ng Aking luklukan, na hinahati sila sa iba’t ibang kategorya ayon sa Aking paghatol, pinagbubukod-bukod sila ayon sa mga kategoryang ito, at bukod pa ryan ay inaayos Ko sila sa kanilang mga pamilya, upang tumigil ang buong sangkatauhan sa pagsuway sa Akin, at sa halip ay bumagsak sa isang masinop at maayos na plano ayon sa mga kategoryang Aking napangalanan—huwag hayaang gumalaw ang kahit sino! Sa buong sansinukob, nakagawa Ako ng bagong gawain; sa buong sansinukob, buong sangkatauhan ay natutulala at napipipi sa Aking biglang pagpapakita, ang kanilang mga abot-tanaw ay lubhang pinalawak ng Aking hayagang pagpapakita. Hindi ba gayon ang nangyari ngayon?

Nagawa Ko na ang Aking unang hakbang sa lahat ng bansa at lahat ng tao, at napasimulan Ko na ang unang bahagi ng Aking gawain. Hindi Ko gagambalain ang Aking plano na magsimulang muli: Ang pagkakasunud-sunod ng gawain sa mga bansang Hentil ay batay sa proseso ng Aking gawain sa langit. Kapag iniangat ng lahat ng tao ang kanilang mga mata upang tingnan ang bawat galaw at kilos Ko, iyon ang panahon na nagpapakalat Ako ng hamog sa ibabaw ng mundo. Lumalabo kaagad ang mga mata ng mga tao, at hindi nila maaninaw ang anumang direksyon, gaya ng tupa sa isang tiwangwang na disyerto, at, kapag nagsimulang umugong ang malakas na hangin, nilulunod ng umuugong na hangin ang kanilang mga iyak. Sa gitna ng mga ihip ng hangin, makikita nang bahagya ang anyo ng mga tao, ngunit walang maririnig na tinig ng tao, at bagama’t nagsisigawan ang mga tao nang napakalakas, walang saysay ang pagsisikap nila. Sa panahong ito,

nananangis at humahagulgol nang malakas ang sangkatauhan, umaasang biglang bababa ang isang tagapagligtas mula sa langit upang akayin sila palabas ng walang-hangganang disyerto. Ngunit, gaano man katindi ang kanilang pananampalataya, nananatiling walang tinag ang tagapagligtas, at naglalaho ang mga pag-asa ng tao: Ang apoy ng pananampalatayang naparingas ay hinipan ng malakas na hangin mula sa disyerto, at nakapatirapa ang tao sa isang tigang at walang-taong lugar, upang hindi na kailanman magtaas ng naglalagablab na sulo, at nawawalan siya ng ulirat.... Para samantalain ang sandali, pinalilitaw Ko ang isang oasis sa harap ng mga mata ng tao. Ngunit, kahit maaaring labis ang kagalakan ng kanyang puso, ang katawan ng tao ay napakahina para tumugon, lupaypay at hilahod ang paa; at bagama't nakikita niya ang magagandang prutas na lumalago sa oasis, kulang ang kanyang lakas para pitasin ang mga iyon, dahil naubos nang lahat ang “panloob na mga mapagkukunan” ng tao. Kinukuha Ko ang mga bagay-bagay na kailangan ng tao at iniaalok ang mga iyon sa kanya, ngunit ang tanging ginagawa niya ay ngumiti nang panandalian, napakalungkot ng kanyang mukha: Bawat kaliit-liitang lakas ng sangkatauhan ay naglaho na nang walang bakas, na naglalaho sa ihip ng hangin. Dahil dito, lubos na walang ekspresyon ang mukha ng tao, at isang sinag lamang ng pagmamahal ang nababanaag sa kanyang namumulang mga mata, na may kasamang maamong kabaitan na gaya sa isang inang nagbabantay sa kanyang anak. Paminsan-minsan, nanginginig ang tuyo at bitak-bitak na mga labi ng tao, na parang magsasalita siya ngunit walang lakas na gawin iyon. Binibigyan Ko ng kaunting tubig ang tao, ngunit ang tanging ginagawa niya ay umiling. Mula sa mga pabago-bago at di-mahulaang mga kilos na ito, nalalaman Ko na nawalan na ng buong pag-asa ang tao sa kanyang sarili, at nakatingin lamang nang may pagsusumamo sa Akin, na parang nagmamakaawa para sa isang bagay. Ngunit, walang-alam tungkol sa mga kaugalian at tradisyon ng sangkatauhan, naguguluhan Ako sa mga ekspresyon ng mukha at kilos ng sangkatauhan. Sa sandaling ito Ko lamang biglang natutuklasan na mabilis nang nalalapit ang wakas ng mga araw ng pag-iral ng tao, at tinititigan Ko siya nang may awa. At sa sandaling ito lamang nagpapakita ng ngiti ng kasiyahan ang tao, na tumatango sa Akin, na parang natupad na ang lahat ng kanyang inaasam. Hindi na malungkot ang sangkatauhan; sa lupa, hindi na nagrereklamo ang mga tao sa kahungkagan ng buhay, at humihinto na sila mula sa lahat ng pakikitungo sa “buhay.” Mula ngayon, wala nang mga paghihinagpis sa lupa, at mapupuno ng galak ang mga araw na nabubuhay ang sangkatauhan ...

Aalisin Ko nang maayos ang mga gawain ng tao bago Ko gawin ang sarili Kong gawain, kung hindi ay baka patuloy na manghimasok ang sangkatauhan sa Aking gawain. Para sa Akin, hindi ang mga gawain ng tao ang mahalagang isyu; walang katuturan ang mga gawain ng sangkatauhan. Dahil makasarili ang tao—mukhang ayaw magpakita ng awa ang sangkatauhan kahit sa isang langgam, o na mga kaaway ng sangkatauhan ang mga langgam—palaging nagtatalo ang mga tao. Kapag naririnig Ko ang pagtatalo ng mga tao, minsan pa Akong umaalis at hindi na pinakikinggan ang kanilang mga kasinungalingan. Sa mga mata ng sangkatauhan, isa Akong “komite ng mga residente,”

na nagpapakadalubhasa sa paglutas ng “mga alitan sa pamilya” sa mga “residente.” Kapag lumalapit sa Akin ang mga tao, lumalapit sila na palaging may mga personal na kadahilanan at, may nangingibabaw na kasabikan, isinasalaysay ang kanilang sariling “mga di-pangkaraniwang karanasan,” na idinaragdag ang sarili nilang komentaryo habang ginagawa iyon. Tinitingnan Ko ang di-pangkaraniwang kilos ng sangkatauhan: Puno ng alikabok ang kanilang mukha—alikabok na nawawalan ng “kasarinlan,” sa ilalim ng “pagtulo” ng pawis, habang humahalo ito kaagad sa pawis, at ang mukha ng mga tao ay lalong nagiging “pinagyaman,” gaya ng buhangin sa tabing-dagat, kung saan may makikitang mga bakas ng paa paminsan-minsan. Ang kanilang buhok ay kahawig ng multo ng mga patay, walang ningning, nakatayo nang tuwid, parang mga piraso ng dayaming itinusok sa isang globo. Dahil napakainit ng kanyang ulo, kaya nangangalisag ang mismong buhok niya dahil sa galit, paminsan-minsan ay nagbubuga ng “singaw” ang kanyang mukha, na parang “kumukulo” ang kanyang pawis. Kapag sinusuri Ko siyang mabuti, nakikita Ko na “nag-aapoy” ang mukha ng tao na parang nagbabagang araw, kaya nga lumalabas ang mainit na gas mula roon, at talagang nag-aalala Ako na baka masunog ng kanyang galit ang kanyang mukha, bagama’t hindi niya ito mismo pinapansin. Sa sandaling ito, hinihimok Ko ang tao na palamigin nang kaunti ang kanyang init ng ulo, dahil anong buti ang magagawa nito? Bakit mo pahihirapan nang gayon ang sarili mo? Sapagkat sa galit, ang mga tangkay ng dayami sa mukha nitong “globo” ay talagang nasusunog sa lagablab ng araw; sa ganitong mga sitwasyon, kahit ang “buwan” ay pumupula. Hinihimok Ko ang tao na bawasan ang init ng kanyang ulo—mahalagang pangalagaan ang kanyang kalusugan. Ngunit hindi nakikinig ang tao sa Aking payo; sa halip, patuloy siyang “naglalabas ng mga reklamo” sa Akin. Ano ang silbi nito? Hindi pa ba sapat ang Aking kabutihan para masiyahan ang tao? O tinatanggihan ba ng tao ang ibinibigay Ko sa kanya? Sa biglang pagsilakbo ng galit, inaangat Ko ang mesa, at hindi na nangangahas ang tao na magsalaysay ng kapana-panabik na mga pangyayari mula sa kanyang kasaysayan; natatakot siya na baka dalhin Ko siya sa “piitan” para palamigin ang kanyang ulo nang ilang araw, at sinasamantala niya ang pagkakataong hatid ng Aking pagmamaktol para tumalilis. Kung hindi, hindi na kailanman papayag ang tao na hayaan na ang gayong mga bagay, kundi patuloy niyang sasabihin ang sarili niyang mga alalahanin. Nayayamot Ako sa mismong tunog nito. Bakit ba napakakumplikado ng sangkatauhan sa kaibuturan ng kanilang puso? Maaari kayang nakapaglagay Ako ng napakaraming “bahagi” sa loob ng tao? Bakit lagi siyang nagpapanggap sa Aking harapan? Sigurado kayang hindi Ako isang “tagapayo” para sa kalutasan ng “mga pagtatalo ng mga tao”? Hiniling Ko ba sa tao na lumapit sa Akin? Sigurado kayang hindi Ako isang mahistrado sa barangay? Bakit palaging inihaharap sa Akin ang mga gawain ng mga tao? Sana ay makita ng tao na akmang pamahalaan niya ang kanyang sarili at hindi Ako gambalain, sapagkat napakarami Kong gawaing gagawin.

Mayo 18, 1992

Kabanata 44

Itinuturing ng mga tao ang Aking gawain bilang karagdagang bagay; hindi sila lumiliban sa pagkain o pagtulog alang-alang dito, kaya't wala Akong pagpipilian kundi humingi nang akma sa tao ayon sa kanyang pagtrato sa Akin. Aking naaalaala na minsan Kong binigyan ang tao ng malaking biyaya at maraming pagpapala, nguni't pagkaraang agawin ang mga bagay na ito, agad siyang umalis. Tila ba naibigay Ko ang mga iyon sa kanya nang hindi Ko namamalayan. Kaya't lagi Akong minamahal ng tao sa pamamagitan ng kanyang mga sariling kuru-kuro. Ibig Kong tunay Akong mahalin ng tao; gayunman, ngayon ay nagpapabagal pa rin ang mga tao, hindi nila Ako magawang mahalin nang tunay. Sa kanilang mga imahinasyon, naniniwala sila na kung tunay nila Akong mamahalin, walang malalabi sa kanila. Kapag Ako ay tumutol, nanginginig ang kanilang buong katawan—gayunman ay hindi pa rin sila handang ibigay ang kanilang tunay na pagmamahal sa Akin. Tila ba may hinihintay silang kung ano, kaya't tumatanaw sila sa unahan, hindi kailanman sinasabi sa Akin ang totoong nangyayari. Tila ba naisara ang kanilang mga bibig ng madikit na istiker, kaya't palaging pautal-utal ang kanilang pagsasalita. Sa harap ng tao, Ako ay tila naging walang-awang kapitalista. Laging natatakot sa Akin ang mga tao: Pagkakita sa Akin, agad silang nawawala nang walang bakas, takot na takot kung ano ang itatanong Ko sa kanila tungkol sa kanilang mga kalagayan. Hindi Ko alam kung bakit kaya ng mga tao ang taos-pusong pagmamahal sa kanilang “kapwa kabarangay,” nguni't hindi Ako magawang mahalin, na Siyang matuwid sa espiritu. Dahil dito, Ako ay naghihimutok: Bakit laging pinapakawalan ng mga tao ang kanilang pag-ibig sa mundo ng tao? Bakit hindi Ko natitikman ang pagmamahal ng tao? Dahil ba hindi Ako kabilang sa sangkatauhan? Lagi Akong itinuturing ng mga tao na tulad sa isang taong-gubat mula sa mga kabundukan. Tila ba kulang Ako ng lahat ng bahaging bumubuo sa isang normal na tao, kaya't, sa harap Ko, ang mga tao ay laging nagkukunwaring may mataas na antas ng moralidad. Malimit nila Akong kaladkarin sa kanilang harap upang pagsabihan Ako, pinagagalitan Ako nang tulad sa ginagawa nila sa isang batang musmos; laging gumaganap sa papel ng tagapagturo ang mga tao sa harap Ko, sapagka't sa kanilang mga alaala, Ako ay isang di-makatuwiran at walang pinag-aralan. Hindi Ko kinakastigo ang mga tao dahil sa kanilang mga kabiguan, bagkus ay binibigyan sila ng akmang tulong, hinahayaan silang makatanggap ng palagiang “tulong pangkabuhayan.” Dahil ang tao ay lagi nang namuhay sa gitna ng sakuna at nahihirapang tumakas, at, sa kalagitnaan ng sakunang ito, lagi siyang tumatawag sa Akin, kaagad Akong naghahatid ng “mga panustos na butil” sa kanyang mga kamay, hinahayaan ang lahat ng tao na mamuhay sa malaking pamilya ng bagong kapanahunan, at maranasan ang init ng malaking pamilya. Kapag minamasdan Ko ang gawain sa gitna ng tao, natutuklasan Ko ang marami niyang kapintasan, at, bunga nito, binibigyan Ko siya ng tulong. Kahit sa panahong ito, may pambihirang kahirapan pa rin sa gitna ng tao, at sa gayon ay nagkaloob Ako ng karampatang kalinga sa “mahihirap na lugar,”

iniaangat sila mula sa kahirapan. Ito ang pamamaraan kung paano Ako gumagawa, hinahayaan ang lahat ng tao na temasahin ang Aking biyaya hanggang sa abot ng kanilang makakaya.

Dumaranas ng pagkastigo ang mga tao sa lupa nang hindi nila namamalayan, kaya't binubuksan Ko ang Aking malaking kamay at hinihila sila sa Aking tabi, pinahihintulutan sila sa mabuting kapalaran ng pagtatamasa ng Aking biyaya sa lupa. Ano ang nasa lupa na hindi hungkag at walang halaga? Naglalakad Ako sa lahat ng lugar sa mundo ng tao, at kahit na napakaraming kilalang bantayog at likas na tanawing kasiya-siya sa tao, saan man Ako pumunta ay matagal nang nawalan ng kasiglahan. Saka Ko lamang nadarama na mapanglaw at tiwangwang ang lupa: Sa ibabaw ng lupa, matagal nang naglaho ang buhay. Mayroon lamang amoy ng kamatayan, kaya't tinawagan Ko na ang tao na magmadali na lisanin ang lupaing ito ng pagdurusa. Ang nakikita Ko lamang ay ang sangsang ng kahungkagan. Sinasamantala Ko ang pagkakataong ihagis ang buhay sa Aking kamay tungo sa mga napili Ko na; kaagad-agad, may isang tapal na luntian sa ibabaw ng lupain. Handa ang mga tao na temasahin ang masisiglang bagay sa ibabaw ng lupa, nguni't hindi Ako nasisiyahan dito; laging itinatangi ng mga tao ang mga bagay-bagay sa ibabaw ng lupa, at hindi kailanman nakikita ang kahungkagan ng mga iyon, anupa't yamang narating ang puntong ito ngayon, hindi pa rin nila nauunawaan kung bakit walang buhay na umiiral sa ibabaw ng lupa. Ngayon, habang naglalakad Ako sa kalagitnaan ng sansinukob, nagagawa ng lahat ng tao na temasahin ang biyaya ng lugar kung nasaan Ako, at ginagamit nila ito bilang pag-aari, hindi kailanman hinahanap ang pinagmumulan ng buhay. Ginagamit nilang lahat ang ibinibigay Ko bilang pag-aari, ngunit wala sa kanilang sumusubok na gampanan ang orihinal na tungkulin ng kasiglahan. Hindi nila alam kung paano gamitin o paunlarin ang mga likas na yaman, kaya't naiiwan silang salat. Nananahan Ako sa gitna ng tao, namumuhay Ako sa gitna ng tao, ngunit ngayon, hindi pa rin Ako kilala ng tao. Bagama't nabigyan Ako ng malaking tulong ng mga tao dahil sa Aking pagiging napakalayo sa tahanan, tila ba hindi Ko pa naitatag ang tamang pakikipagkaibigan sa tao, kaya't nararamdaman Ko pa rin ang pagiging hindi-patas ng mundo ng tao; sa Aking mga mata, ang sangkatauhan, pagkatapos ng lahat, ay hungkag, at walang yamang may anumang halaga sa gitna ng tao. Hindi Ko alam kung anong pananaw mayroon ang mga tao tungkol sa buhay ng tao, nguni't, sa kabuuan, ang Akin ay hindi maihihiwalay sa salitang "hungkag." Umaasa Ako na hindi nag-iisip ng masama sa Akin ang mga tao dahil dito—sapagka't talagang tahasan Ako, at hindi Ko sinusubukang maging mapitagan. Gayunpaman, papayuhan Ko ang mga tao na pag-ukulan ng mas masusing pansin ang Aking iniisip, sapagka't ang Aking mga salita, matapos ang lahat, ay nakakatulong sa kanila. Hindi Ko alam kung anong pagkaunawa mayroon ang mga tao sa "kahungkagan." Umaasa Ako na gumugol sila ng kaunting pagsisikap sa gawaing ito. Makabubuti para sa kanila na maranasan ang buhay ng tao sa praktikal na pamamaraan, at tingnan kung makahahanap sila ng

anumang mahalagang “natatagong mga deposito ng mineral” dito. Hindi Ko sinusubukang patamlayin ang pagkapositibo ng mga tao; nais Ko lamang na makapagtamo sila ng ilang kaalaman mula sa Aking mga salita. Lagi Akong nagmamadali alang-alang sa mga pantaong bagay-bagay, ngunit sa kasalukuyang lagay ng mga bagay, hindi pa rin nakapagsasabi ang mga tao ng kahit isang salita ng pasasalamat, na tila ba labis silang abala at nakalimutan nang gawin ito. Kahit ngayon, hindi Ko pa rin nauunawaan kung ano ang naging epekto ng pagmamadali ng mga tao sa lahat ng araw. Magpahanggang sa ngayon, wala pa rin Akong puwang sa puso ng mga tao, kaya’t minsan pang nag-iisip Ako nang malalim. Nasimulan Ko nang italaga ang Aking sarili sa gawain ng pagsasaliksik “kung bakit ang mga tao ay walang puso na tunay na nagmamahal sa Akin.” Itataas Ko ang tao sa “mesa sa pag-oopera,” hihiwain Ko ang kanyang puso, at titingnan kung ano ang bumabara sa daan sa kanyang puso at pumipigil sa kanya na tunay Akong mahal. Sa ilalim ng bisa ng “patalim,” mariing ipinipikit ng mga tao ang kanilang mga mata, naghihintay na magsimula Ako, dahil, sa sandaling ito, ganap na silang nagpasakop; sa kanilang mga puso, marami Akong nakikita na iba pang pangangalunya. Pangunahin sa mga ito ay sariling mga bagay-bagay ng mga tao. Bagama’t maaaring may kaunting bagay-bagay sa labas ng kanilang mga katawan, hindi mabibilang yaong mga nasa loob ng kanilang mga katawan. Tila ba isang malaking kahong imbakan ang puso ng tao, puno ng mga kayamanan at lahat ng kakailanganin ng mga tao. Sa sandaling ito Ko lamang nauunawaan kung bakit hindi Ako kailanman binibigyang-pansin ng mga tao: Ito ay dahil may malaking sariling kasapatan sila—bakit kakailanganin pa nila ang tulong Ko? Kaya’t lumilisan Ako sa tao, sapagka’t hindi nila kailangan ang Aking tulong; bakit Ako “kikilos nang walang kahihyan” at magtamo ng kanilang pagkamuhi?

Sinong nakaaalam kung bakit, ngunit lagi Akong nahahandang magsalita sa kalagitnaan ng tao—na tila ba hindi Ko mapipigilan ang Aking Sarili. Kaya’t, lagi Akong tinitingnan ng mga tao na walang silbi, at lagi Akong itinuturing na tila ba ang halaga Ko ay higit pang mababa kaysa sa isang sentimo; hindi nila Ako itinuturing na karapat-dapat sa paggalang. Hindi nila Ako itinatangi, at kinakaladkad nila Akong pauwi kung kailan nila naisin, at pagkaraan ay itinatapon Akong muli sa labas, “inilalantad” Ako sa harap ng madla. Sukdulan ang Aking pagkamuhi sa walang kapurihang asal ng tao, kaya’t tahasan Kong sinasabi na ang tao ay walang budhi. Subalit matigas ang ulo ng mga tao; kinukuha nila ang kanilang “mga espada at sibat” at nakikipaglaban sa Akin, sinasabing hindi umaayon sa realidad ang Aking mga salita, sinasabing inaalipusta Ko sila—nguni’t hindi Ako gumaganti sa kanila bilang bunga ng kanilang marahas na asal. Ginagamit Ko lamang ang Aking mga katotohanan upang mapagwagian ang mga tao at upang makaramdam sila ng hiya sa kanilang mga sarili, pagkaraan ay tahimik silang uuring. Hindi Ako nakikipagtagisan sa tao, dahil walang pakinabang sa ganyan. Tatalima Ako sa Aking tungkulin, at umaasa Ako na tatalima rin ang tao sa kanyang tungkulin, at hindi kikilos laban sa Akin. Hindi ba’t higit na mabuting magkasama nang mapayapa sa

ganitong paraan? Bakit sisirain ang ating ugnayan? Nagkasundo na tayo sa loob ng mga taong ito—anong pangangailangang mayroon upang magsanhi ng kaguluhan para sa ating dalawa? Hindi ba’t lubusang walang pakinabang iyan sa alinman sa ating mga reputasyon? Taglay natin ang mahahabang taon ng “malaong pagkakaibigan,” isang “malaong pagkakapalagayang-loob”—aanhin pa ang mapait na paghihiwalay? Mainam bang gawin ito? Umaasa Ako na magbibigay-pansin ang mga tao sa magiging epekto, na alam nila kung anong mabuti para sa kanila. Ang Aking saloobin hinggil sa tao ngayon ay sapat para sa habambuhay ng kanyang talakayan—bakit laging nabibigo ang mga tao na kilalanin ang Aking kabaitan? Dahil ba kulang sila ng mga kapangyarihan ng pagpapahayag? Kulang ba sila ng sapat na mga salita? Bakit lagi silang nag-aapuhap ng sasabihin? Sino ang walang pagkaalam sa kung paano Ko dalhin ang Aking Sarili? Lubos na namamalayan ng mga tao ang Aking mga ginagawa—nangyayari lamang na laging ibig nilang lamangan ang iba, kaya’t hindi sila kailanman handang isaisantabi ang kanilang mga sariling kapakinabangan; kung nasasaling ng isang parirala ang kanilang mga sariling kapakinabangan, tumatanggi silang mamahinga hangga’t hindi sila nakapangingibabaw—at ano ang punto diyan? Hindi makapagpaligsahan ang mga tao sa kung ano ang kanilang maiaambag, ngunit pinagtutunggalian ang kung anong makakamit nila. Bagama’t walang kasiyahan sa kanilang katayuan, labis nila itong itinatangi, at itinuturing pa ito bilang di-matutumbasang yaman—kaya’t mas nanaisin pa nilang tiisin ang Aking pagkastigo kaysa isuko ang mga pakinabang ng katayuan. Napakataas ng pagtingin ng mga tao sa kanilang mga sarili, kaya’t hindi kailanman handang isaisantabi ang kanilang mga sarili. Marahil ay may kaunting di-kawastuhan sa Aking pagtimbang sa tao, o marahil ay nailagay Ko siya sa tatak na hindi naman malupit at hindi rin naman walang higpit—ngunit, bilang pagbubuod, ang Aking pag-asa ay ituring ito ng mga tao na isang babala.

Mayo 21, 1992

Kabanata 45

Minsan ay pinili Kong manatili ang magagandang gamit sa Aking sambahayan, upang magkaroon ng walang-kapantay na mga kayamanan sa loob niyon at mapalamutian ito nang gayon, at nagtamo Ako ng kasiyahan mula rito. Ngunit dahil sa pag-uugali ng tao sa Akin, at dahil sa mga motibasyon ng mga tao, wala Akong ibang nagawa kundi isantabi ang gawaing ito at gumawa ng ibang gawain. Gagamitin Ko ang mga motibasyon ng tao para isakatuparan ang Aking gawain, mamaniobrahin Ko ang lahat ng bagay para magsilbi sa Akin, at sasanhiin Kong hindi na maging malungkot at mapanglaw ang Aking sambahayan dahil dito. Minsan ay pinanood Ko ang tao: Lahat ng may laman at dugo ay nakatulala, at wala ni isa mang bagay ang nakaranas ng pagpapala ng Aking pag-iral.

Nabuhay ang mga tao sa gitna ng mga pagpapala ngunit hindi nila alam kung gaano sila pinagpala. Kung hindi umiiral ang Aking mga pagpapala sa sangkatauhan hanggang ngayon, sino sa sangkatauhan ang magagawang manatili hanggang sa kasalukuyan at hindi nasawi? Pagpapala Ko na nabubuhay ang tao, at nangangahulugan ito na nabubuhay siya sa gitna ng Aking mga pagpapala, dahil dati-rati ay wala siyang anuman, at dahil dati-rati ay wala siyang puhunan para mabuhay sa lupa at sa ilalim ng langit; ngayon ay patuloy Kong tinutulungan ang tao, at dahil lamang dito kaya nakakatayo ang tao sa Aking harapan, sapat na masuwerte para matakasan ang kamatayan. Naibuod na ng mga tao ang mga lihim ng pag-iral ng tao, ngunit wala ni isang nakahiwatig na ito ay Aking pagpapala. Dahil dito, isinusumpa ng lahat ng tao ang kawalang-katarungan sa loob ng mundo, at lahat sila ay nagrereklamo tungkol sa Akin dahil sa kalungkutan sa kanilang buhay. Kung hindi sa Aking mga pagpapala, sino ang makakakita ng ngayon? Lahat ng tao ay nagrereklamo tungkol sa Akin dahil hindi nila kayang mamuhay sa gitna ng kaginhawahan. Kung naging masaya at magaan ang buhay ng tao, kung ipinadala ang mainit na “simoy ng tagsibol” sa puso ng tao, na nagsasanhi ng walang-katulad na kasiyahan sa kanyang buong katawan at iniwan siyang wala ni katiting na pasakit, sino sa tao ang mamamatay na nagrereklamo? Hirap na hirap Akong matamo ang lubos na katapatan ng tao, sapagkat napakaraming tusong pakana ng mga tao—na sapat, medyo simple, para paikutin ang ulo ng isang tao. Ngunit kapag tumututol Ako sa kanila, nagkikibit-balikat lamang sila sa Akin at hindi nila Ako pinapansin, sapagkat ang Aking mga pagtutol ay nakaantig sa kanilang kaluluwa, iniwan silang walang kakayahang mapatibay mula ulo hanggang paa, kaya nga kinamumuhian ng mga tao ang Aking pag-iral, sapagkat gustung-gusto Ko palaging “pahirapan” sila. Dahil sa Aking mga salita, nag-aawitan at nagsasayawan ang mga tao; dahil sa Aking mga salita, tahimik silang nagyuyuko ng ulo; at dahil sa Aking mga salita, bumubulalas sila ng iyak. Sa Aking mga salita, nawawalan ng pag-asa ang mga tao; sa Aking mga salita, natatamo nila ang liwanag para manatiling buhay. Dahil sa Aking mga salita pabiling-biling sila, di-makatulog araw at gabi, at dahil sa Aking mga salita, nagmamadali sila sa buong lugar. Isinasadlak ng Aking mga salita ang mga tao sa Hades, at pagkatapos ay isinasadlak sila ng sa pagkastigo—ngunit, nang hindi natatanto, tinatamasa rin ng mga tao ang Aking mga pagpapala. Kaya ba itong makamit ng tao? Maipapalit ba ito sa walang-kapagurang mga pagsisikap ng mga tao? Sino ang makakatakas sa mga pagsasaayos ng Aking mga salita? Sa gayon, dahil sa mga kabiguan ng tao, ipinagkakaloob Ko ang Aking mga salita sa sangkatauhan, kaya nabubusog ang mga kakulangan ng tao dahil sa Aking mga salita, na naghahatid ng walang-kapantay na mga kayamanan sa buhay ng sangkatauhan.

Madalas Kong sinusuri ang mga salita at kilos ng mga tao. Sa kanilang asal at mga ekspresyon sa kanilang mukha, nakatuklas Ako ng maraming “hiwaga.” Sa mga pakikipag-ugnayan ng mga tao sa iba, ang “mga lihim na pamamaraan” ay halos ipinagmamalaki ang lugar—at sa gayon, kapag nakikisama Ako sa tao, ang Aking natatamo ay ang “lihim

na mga pamamaraan ng pakikipag-ugnayan ng tao,” na nagpapakita na hindi Ako mahal ng tao. Madalas Kong pangaralan ang tao dahil sa kanyang mga kabiguan, subalit hindi Ko kayang matamo ang kanyang tiwala. Ayaw ng tao na hayaan Akong patayin siya, sapagkat sa “mga lihim na pamamaraan ng pakikipag-ugnayan” ng tao, hindi kailanman natuklasan na ang tao ay nagdanas ng nakamamatay na sakuna—nagdanas lamang siya ng ilang kabiguan sa panahon ng kasawian. Umiiyak ang mga tao dahil sa Aking mga salita, at ang kanilang mga pagsamo ay laging naglalaman ng mga hinaing tungkol sa Aking kawalang-puso. Para bang lahat sila ay naghahanap sa Aking tunay na “pagmamahal” sa tao—ngunit paano nila matatagpuan ang Aking pagmamahal sa Aking mababagsik na salita? Dahil dito, lagi silang nawawalan ng pag-asa dahil sa Aking mga salita. Para bang, kapag nabasa na nila ang Aking mga salita, namamasdan nila si “kamatayan” at sa gayon ay nanginginig sila sa takot. Nalulungkot Ako dahil dito: Bakit ang mga taong nasa laman, na nabubuhay sa gitna ng kamatayan, ay laging natatakot sa kamatayan? Mahigpit na magkaaway ba ang tao at kamatayan? Bakit palaging nagsasanhi ng pagkabagabag sa mga tao ang takot sa kamatayan? Sa buong “di-pangkaraniwang” mga karanasan sa kanilang buhay, bahagyang kamatayan lamang ba ang kanilang nararanasan? Bakit laging nagrereklamo ang mga tao, sa kanilang sinasabi, tungkol sa Akin? Kaya, ibinubuod Ko ang ikaapat na kasabihan para sa buhay ng tao: Katiting lamang ang pagkamasunurin ng mga tao sa Akin, at sa gayon ay lagi silang napopoot sa Akin. Dahil sa pagkapoot ng tao, madalas Akong umaalis. Bakit Ko kailangang ipailalim ang Aking sarili rito? Bakit Ko kailangang pukawin ang pagkamuhi sa mga tao? Yamang hindi tinatanggap ng mga tao ang Aking pag-iral, bakit Ko kailangang mabuhay nang walang kahihyan sa loob ng bahay ng tao? Wala Akong magagawa kundi kunin ang Aking “bagahe” at iwan ang tao. Ngunit hindi matiis ng mga tao na paalisin Ako, at ayaw nila Akong hayaang umalis kailanman. Nanangis sila at humahagulgol, takot na takot na umalis Ako at sa gayon ay mawalan sila ng maaasahan para mabuhay. Nakikita ang kanilang nakikiusap na tingin, lumalambot ang puso Ko. Sa gitna ng lahat ng karagatan ng mundo, sino ang may kakayahang mahalin Ako? Ang tao ay nababalot ng maruming tubig, napapalibutan ng puwersa ng dagat. Kinamumuhian Ko ang pagsuway ng tao, subalit nakadarama rin Ako ng habag sa kasawian ng buong sangkatauhan—sapagkat tatal naman, biktima pa rin ang tao. Paano Ko maitatapon ang tao sa karagatan kapag siya ay nanghihina at walang lakas? Napakalupit Ko ba para sipain siya habang nakadapa na? Napakalupit ba ng puso Ko? Dahil sa Aking pagtrato sa sangkatauhan kaya pumapasok ang tao sa kapanahunang ito kasabay Ko, at dahil dito kaya niya napalipas ang di-pangkaraniwang mga araw at gabing ito na kasama Ko. Ngayon, matindi pa rin ang kagalakan ng mga tao, higit nilang nadarama ang Aking pagsinta, at mahal nila Ako nang may matinding kalakasan, dahil may sigla sa kanilang buhay, at tumigil na sila sa pagiging mga alibughang anak na lumalaboy sa mga dulo ng daigdig.

Sa mga panahon na namumuhay Ako sa piling ng tao, umaasa ang mga tao sa

Akin, at dahil may konsiderasyon Ako sa tao sa lahat ng bagay at maselan sa Aking pangangalaga sa kanya, palaging nabubuhay ang mga tao sa mainit Kong yakap, walang tinitis na umiihip na hangin, pumapatak na ulan, o nakakasunog na araw; nabubuhay ang mga tao sa gitna ng kaligayahan at itinuturing Ako bilang isang mapagmahal na ina. Ang mga tao ay parang mga bulaklak sa isang greenhouse, lubos na walang kakayahang matagalan ang pananalanta ng “likas na mga sakuna,” walang kakayahan kailanman na matatag na manindigan. Kaya inilalagay Ko sila sa gitna ng mga pagsubok ng umuugong na mga karagatan, at wala silang magawa kundi walang-tigil na “mag-urong-sulong.” Halos wala silang lakas na lumaban—at dahil kulang na kulang ang kanilang tayog at napakahina ng kanilang katawan, nabibigatan Ako. Sa gayon, nang hindi ito natatanto, isinasailalim ang mga tao sa Aking mga pagsubok, dahil naparupok nila, at hindi nila matagalan ang umuugong na hangin at nakakasunog na araw. Hindi ba ito ang Aking gawain sa kasalukuyan? Bakit, kapag naharap sa Aking mga pagsubok, palaging bumubulalas ng iyak ang mga tao? May nagawa ba Akong hindi makatarungan sa kanila? Sadya Ko ba silang pinapaslang? Bakit ang kalagayan ng tao na siyang kaibig-ibig ay pumapanaw, at hindi na muling mabubuhay kailanman? Lagi Akong sinusunggaban ng mga tao at hindi Ako binibitawan; dahil hindi nila kayang mamuhay sa kanilang sarili kailanman, lagi nilang hinahayaang maakay sila ng Aking kamay, takot na takot na matangay sila ng iba. Hindi Ko ba ginagabayan buong buhay nila? Sa panahon ng maligalig nilang buhay, kapag tumatawid sila sa taluktok at kapatagan, nakaranas na sila ng malaking kaligaligan—hindi ba ito nagmula sa Aking kamay? Bakit hindi kailanman naunawaan ng mga tao ang Aking puso? Bakit lagi silang nagkakamali ng pag-unawa sa Aking mabubuting layunin? Bakit hindi makapagpatuloy nang maayos ang Aking gawain sa lupa? Dahil sa kahinaan ng tao, iniwasan Ko na palagi ang tao, na pinupuspos Ako ng kalungkutan: Bakit hindi maisagawa sa tao ang sumunod na hakbang ng Aking gawain? Sa gayon, nananahimik Ako, maingat Ko siyang tinitimbang: Bakit palagi Akong pinipigilan ng mga depekto ng tao? Bakit palaging may mga sagabal sa Aking gawain? Ngayon, kailangan Ko pang hanapin ang buong kasagutan sa tao, sapagkat laging pabagu-bago ang ugali ng tao, hindi siya normal kailanman; sagad sa buto ang pagkamuhi niya sa Akin, o kaya naman ay sukdulan ang pagmamahal niya sa Akin. Ako, ang normal na Diyos Mismo, ay hindi makakatagal sa gayong pagpapahirap mula sa tao. Dahil palaging abnormal ang isipan ng mga tao, parang medyo takot Ako sa tao, kaya nga ang panonood sa bawat galaw niya ay nagpapisip sa Akin sa abnormalidad niya. Hindi sinasadyang natuklasan Ko ang hiwaga sa tao: Lumalabas na may utak sa kanyang likuran; dahil dito, palaging matapang at kumpiyansa ang mga tao, parang nakagawa sila ng isang bagay na makatwiran. Sa gayon, palaging nagkukunwaring matanda ang mga tao, at ineengganyo ang “batang paslit.” Habang pinanonood Ko ang pagpapanggap ng tao, hindi Ko maiwasang magpuyos sa galit: Bakit lubhang hindi mapagmahal at walang galang ang mga tao sa kanilang sarili? Bakit hindi nila kilala ang kanilang sarili? Nakalipas na ba ang Aking

mga salita? Kaaway ba ng tao ang Aking mga salita? Bakit, kapag binasa ng mga tao ang Aking mga salita, inaayawan nila Ako? Bakit palaging idinaragdag ng mga tao ang sarili nilang mga ideya sa Aking mga salita? Lubha ba Akong di-makatwiran sa tao? Dapat pag-isipang mabuti ng lahat ng tao ang tungkol dito, tungkol sa nakapaloob sa Aking mga salita.

Mayo 24, 1992

Kabanata 46

Hindi Ko alam kung gaano kahusay na nagagawa ng mga tao na batayan ng kanilang pag-iral ang Aking mga salita. Lagi Akong nababalisa sa kapalaran ng tao, nguni't tila walang anumang pakiramdam ukol dito ang mga tao—bilang resulta, hindi nila kailanman binigyang-pansin ang mga ginagawa Ko kahit na kaunti, at hindi kailanman nagkaroon ng anumang pagsamba para sa Akin na bunga ng Aking saloobin tungo sa tao. Para bang matagal na silang nawalan ng emosyon na bigyang-kasiyahan ang Aking puso. Yamang kinahaharap ang gayong mga kalagayan, minsan pa Akong nanahimik. Bakit hindi karapat-dapat sa pagsasaalang-alang ng mga tao ang Aking mga salita, sa higit pang pagpasok? Dahil ba sa wala Akong realidad at sinusubukan Kong maghanap ng isang bagay na magagamit Ko laban sa mga tao? Bakit ba lagi Akong binibigyan ng mga tao ng “espesyal na pagtrato”? Ako ba ay isang baldadong nasa kanyang sariling espesyal na silid? Bakit, gayong narating na ng mga bagay-bagay ang puntong kinaroroonan ng mga ito ngayon, iba pa rin ang tingin sa Akin ng mga tao? May mali ba sa Aking saloobin tungo sa tao? Ngayon, nagsimula na Ako ng bagong gawain sa ibabaw ng mga sansinukob. Nabigyan Ko na ang mga tao sa lupa ng bagong pasimula, at hiningi Ko na sa kanilang lahat na umalis sa Aking sambahayan. At dahil laging gusto ng mga tao na magpasasa sa kanilang mga sarili, pinapayuhan Ko sila na magkaroon ng kamalayan sa sarili, at na huwag laging gambalain ang Aking gawain. Sa “bahay-panuluyan” na binuksan Ko, walang pumupukaw ng Aking pagkasuklam nang higit kaysa sa tao, sapagka't laging nagdudulot ang mga tao ng kaguluhan sa Akin at binibigo Ako. Nagdadala ang kanilang asal ng kahihiyan sa Akin at kahit kailan ay hindi Ko nagawang itaas ang Aking ulo. Sa gayon, kalmado Akong nakikipag-usap sa kanila, hinihiling na umalis sila sa Aking bahay sa lalong madaling panahon at tumigil sa pagkain ng Aking pagkain nang libre. Kung nais nilang manatili, dapat silang sumailalim sa pagdurusang at tiisin ang Aking pagtutuwid. Sa kanilang mga isipan, lubos Akong walang kamalay-malay at walang alam sa kanilang mga ginagawa, at sa gayon lagi silang nakatayo nang mataas sa harap Ko, nang walang anumang tanda ng pagbagsak, nagkukunwari lang na tao para maging sapat ang bilang nila. Kapag humihiling Ako sa mga tao, nagugulat sila: Hindi nila kailanman naisip na ang Diyos, na lagi nang naging mabuti ang kalooban at mabait sa loob ng napakaraming taon,

ay makapagsasalita ng gayong mga salita, mga salitang walang puso at di-makatwiran, at kaya wala silang masabi. Sa gayong mga pagkakataon, nakikita Ko na minsan pang tumindi ang pagkamuhi sa Akin sa puso ng mga tao, dahil muli na naman nilang sinimulan ang gawain ng pagrereklamo. Lagi silang nagrereklamo laban sa mundo at isinusumpa ang Langit. Gayunman ay wala Akong makitang anuman sa kanilang mga salita na isinusumpa ang kanilang mga sarili, dahil napakalaki ng kanilang pagmamahal sa kanilang mga sarili. Sa gayon, binubuod Ko ang kahulugan ng buhay ng tao: Dahil masyadong minamahal ng mga tao ang kanilang mga sarili, ang kanilang buong buhay ay malungkot at hungkag, at nagdudulot sila ng kapahamakan sa kanilang mga sarili dahil sa kanilang pagkamuhi sa Akin.

Kahit may di-nahayag na “pag-ibig” para sa Akin sa mga salita ng tao, kapag dinadala Ko ang mga salitang ito sa “laboratoryo” para suriin at pinagmamasdan ang mga ito gamit ang mikroskopyo, ang lahat ng napapaloob sa mga ito ay nabubunyag nang may ganap na kalinawan. Sa sandaling ito, dumarating Akong muli sa gitna ng tao upang hayaan silang tingnan ang kanilang “medikal na mga rekord,” para makumbinsi sila nang lubos. Kapag nakikita ang mga iyon ng mga tao, napupuno ng lungkot ang kanilang mga mukha, nakadarama sila ng pagsisisi sa kanilang mga puso, at lubha pa nga silang nababalisa na kating-kati silang talikdan kaagad ang kanilang masasamang gawi at bumalik sa tamang landas upang pasayahin Ako. Pagkakita Ko sa kanilang pagpapasya, sukdulan Akong natutuwa; napupuspos Ako ng kagalakan: “Sa lupa, sino maliban sa tao ang makakabahagi Ko sa kagalakan, kalungkutan, at paghihirap? Hindi ba’t ang tao lang?” Gayunman kapag umaalis Ako, pinupunit ng mga tao ang kanilang medikal na mga rekord at itinatapon ang mga ito sa sahig bago nagmamalaking lumalakad palayo. Sa mga araw mula noon, kaunti lang ang nakita Ko sa mga kilos ng mga tao na kaayon ng Aking sariling puso. Gayunman ay naipon ang marami nilang pagpapasya sa harap Ko, at nasusuklam Ako habang tinitingnan ang kanilang mga pagpapasya, sapagka’t walang anuman sa mga ito ang maitataas para sa Aking kasiyahan; masyadong nadungisan ang mga ito. Nang makita ang Aking pagwawalang-bahala sa kanilang pagpapasya, nanlalamig ang mga tao. Pagkatapos, madalang na lang silang nagpapasa ng “aplikasyon” dahil hindi pa kailanman napuri ang puso ng tao sa harap Ko, at nasumpungan pa lang ang Aking pagtangg—wala nang anumang espirituwal na tulong sa buhay ng mga tao, at kaya naglalahi ang kanilang kasigasigan, at hindi Ko na nadarama na ang panahon ay “nakapapaso sa init.” Nagdurusa nang labis ang mga tao sa kanilang buong buhay, hanggang sa punto na, sa pagdating ng sitwasyon ngayon, masyado Ko silang “pinahihihirapan” kaya’t nakabitin sila sa pagitan ng buhay at kamatayan. Bilang resulta, nagdidilim ang liwanag sa kanilang mga mukha, at nawawala ang kanilang “kasiglahan,” sapagka’t “tumanda na” silang lahat. Hindi Ko matiis na makita ang kaawa-awang kalagayan ng mga tao kapag pinipino sila sa panahon ng pagkastingo—gayunman ay sinong makatutubos sa miserableng pagkatalo ng sangkatauhan? Sinong makapagliligtas sa tao mula sa miserableng buhay ng tao?

Bakit hindi kailanman napalaya ng mga tao ang kanilang mga sarili mula sa kalaliman ng dagat ng pagdurusa? Sinasadya Ko bang siluin ang mga tao? Hindi kailanman naunawaan ng mga tao ang Aking lagay ng loob, at kaya nananaghoy Ako sa sansinukob na sa lahat ng bagay sa langit at sa lupa, walang nakaunawa sa Aking puso kailanman, at walang tunay na nagmamahal sa Akin. Kahit ngayon, hindi Ko pa rin alam kung bakit hindi kaya ng mga tao na mahalin Ako. Kaya nilang ibigay ang kanilang mga puso sa Akin, kaya nilang isakripisyo ang kanilang kapalaran para sa Akin, nguni't bakit hindi nila kayang ibigay ang kanilang pagmamahal sa Akin? Hindi ba nila taglay ang Aking hinihingi? Kaya ng mga taong mahalin ang lahat maliban sa Akin—kaya bakit hindi nila Ako magawang mahalin? Bakit laging nakatago ang kanilang pagmamahal? Bakit, yamang nakatayo sila sa harap Ko hanggang sa ngayon, hindi Ko kailanman nakita ang kanilang pagmamahal? Ito ba ay isang bagay na wala sila? Sinasadya Ko bang gawing mahirap ang mga bagay-bagay para sa mga tao? Mayroon pa ba silang mga alinlangan sa kanilang mga puso? Natatakot ba sila na mahalin ang maling persona, at hindi makayang lunasan ang kanilang mga sarili? Mayroong di-mabilang na mga hiwagang di-maarok sa mga tao, at sa gayon lagi Akong “walang imik at takot” sa harap ng tao.

Ngayon, sa panahon ng pagsulong tungo sa tarangkahan ng kaharian, lahat ng tao ay nagsisimulang sumulong—nguni't pagdating nila sa harap ng tarangkahan, isinasara Ko ang tarangkahan, pinagsasarhan Ko ang mga tao sa labas, at hinihinging ipakita nila ang kanilang pahintulot sa pagpasok. Ganap na salungat sa inaasahan ng mga tao ang gayong kakaibang kilos, at nagugulat silang lahat. Bakit ang tarangkahan—na lagi nang nakabukas nang malaki—ay biglang isinara na nang mahigpit ngayon? Pumapadyak at palakad-lakad ang mga tao. Iniisip nila na makalulusot sila papasok, ngunit nang iniaabot na nila ang kanilang huwad na mga pahintulot sa pagpasok, itinatapon Ko kaagad-agad ang mga iyon sa hukay ng apoy, at nang makita na ang kanilang sariling “mabusising mga pagsisikap” ay natutupok sa apoy, nawawalan sila ng pag-asa. Sinasapo nila ang kanilang mga ulo, umiiyak, pinanonood ang magagandang tanawin sa loob ng kaharian nguni't hindi makapasok. Gayunman ay hindi Ko sila pinapapasok dahil sa kanilang kaawa-awang kalagayan—sinong maaaring sumira sa Aking plano kung gugustuhin nila? Ang mga pagpapala ba ng hinaharap ay ibinibigay kapalit ng kasigasigan ng mga tao? Ang kahulugan ba ng pag-iral ng tao ay nakasalalay sa pagpasok sa Aking kaharian ayon sa kagustuhan ng isang tao? Ako ba ay napakababa? Kung hindi dahil sa Aking marahas na mga pananalita, hindi ba't matagal nang nakapasok sa kaharian ang mga tao? Sa gayon, lagi Akong kinamumuhian ng mga tao dahil sa lahat ng abala na sinasanhi sa kanila ng Aking pag-iral. Kung hindi Ako umiral, magagawa nilang tamasahin ang mga pagpapala ng kaharian sa kasalukuyang panahon—ano pa ang silbi na danasin ang pagdurusang ito? Kaya't sinasabi Ko sa mga tao na mabuti pang umalis na sila, na dapat nilang samantalahin kung gaano kabuti ang takbo ng mga bagay-bagay sa kasalukuyan upang makahanap ng malalabasan nila; dapat nilang samantalahin ang kasalukuyan, habang bata pa sila, upang matuto ng ilang

kasanayan. Kung hindi, magiging huli na ang lahat sa hinaharap. Sa Aking bahay, wala pang nakatanggap kahit kailan ng mga pagpapala. Sinasabi Ko sa mga tao na magmadali at umalis, na huwag manatiling namumuhay sa “kahirapan”; sa hinaharap magiging huli na ang lahat para sa mga pagsisisi. Huwag maging napakahigpit sa sarili; bakit pinahihirapan ang sarili? Gayunman ay sinasabi Ko rin sa mga tao na kapag nabigo silang magkamit ng mga pagpapala, walang maaaring magreklamo tungkol sa Akin. Wala Akong panahon para sayangin ang Aking mga salita sa tao. Umaasa Ako na tatatak ito sa isipan ng mga tao, na hindi nila ito malilimutan—ang mga salitang ito ang nakaaasiwang katotohanan, na ibinibigay Ko. Matagal na Akong nawalan ng pananampalataya sa tao, at matagal na Akong nawalan ng pag-asa sa mga tao, sapagka’t wala silang ambisyon, hindi nila nagawa kailanman na bigyan Ako ng pusong nagmamahal sa Diyos, at sa halip ay laging ibinibigay sa Akin ang kanilang mga pangganyak. Napakarami Ko nang nasabi sa tao, at yamang binabalewala pa rin ng mga tao ang Aking payo ngayon, sinasabi Ko sa kanila ang Aking pananaw upang maiwasan nila ang maling pagkaunawa sa Aking puso sa hinaharap; problema na nila kung mabubuhay o mamamatay man sila sa darating na mga panahon; wala Akong kontrol dito. Umaasa Akong makikita nila ang kanilang sariling landas upang manatiling buhay. Wala Akong kapangyarihan dito. Yamang hindi Ako tunay na minamahal ng tao, maghihiwalay na lang kami; sa hinaharap, hindi na magkakaroon pa ng anumang mga salita sa pagitan namin, hindi na kami magkakaroon ng anumang pag-uusapan pa, hindi namin pakikialaman ang isa’t isa, yayaon kaming pareho sa aming sariling daan, hindi Ako dapat hanapin ng mga tao, at hindi na Ako kailanman muling hihingi ng “tulong” sa tao. Ito ay isang bagay na nasa pagitan namin, at napag-usapan na namin nang walang kalabuan upang maiwasang magkaroon ng anumang usapin sa hinaharap. Hindi ba mas pinadadali nito ang mga bagay-bagay? Nagkakanya-kanya tayo ng daan at wala nang kinalaman pa sa isa’t isa—anong mali roon? Umaasa Akong bibigyan ito ng kaunting pagsasaalang-alang ng mga tao.

Mayo 28, 1992

Kabanata 47

Upang mapalago ang buhay ng sangkatauhan, at upang magkamit kami ng tao, na magkapareho ng ambisyon, ng mga resulta, lagi Kong pinatatawad ang mga tao, tinutulutan silang makakain at mabuhay mula sa Aking salita at makatanggap ng lahat ng Aking kasaganaan. Hindi Ko kailanman binigyan ng dahilan ang sangkatauhan para mapahiya, subalit hindi kailanman isinasaalang-alang ng tao ang Aking damdamin. Ito ay dahil ang mga tao ay manhid at “kinamumuhian” ang lahat ng bagay bukod sa Akin. Dahil sa kanilang mga pagkukulang, nakikiramay Ako nang husto sa kanila; sa gayon

ay higit pa Akong nagsikap sa mga tao upang matamasa nila, hangga't gusto nila, ang lahat ng kasaganaan ng lupa sa kanilang panahon sa mundo. Hindi Ko tinatrato nang hindi-patas ang mga tao, at alang-alang sa pagsunod nila sa Akin sa loob ng maraming taon, lumambot na ang Aking puso para sa kanila. Parang hindi Ko makakayang isagawa ang Aking gawain sa mga taong ito. Sa gayon, dahil nakikita Ko ang payat at nanghihinang mga taong nagmamahal sa Akin tulad ng pagmamahal nila sa kanilang sarili, palaging may di-maipaliwanag na kirot sa puso Ko. Ngunit sino ang maaaring lumabag sa nakasanayan na dahil dito? Sino ang aabalahin ang sarili niya dahil dito? Magkagayunman, naipagkaloob Ko na ang lahat ng Aking kabutihan sa sangkatauhan upang matamasa nila ito nang lubusan, at hindi Ko minaltrato ang mga tao sa isyung ito. Kaya nga nakikita pa rin ng sangkatauhan ang Aking mahabagin at mabait na mukha. Palagi Akong mapagpasensya at palagi Akong naghihintay. Kapag nagtamasa na nang sapat ang mga tao at nabagot, sa pagkakataong iyon ay sisimulan Kong "pagbigyan" ang kanilang mga kahilingan at tulutan ang lahat ng tao na takasan ang hungkag nilang buhay, at hindi na Ako magkakaroon ng anumang mga pakikitungo sa sangkatauhan. Sa lupa, nagamit Ko na ang tubig-dagat upang lamunin ang sangkatauhan, kinontrol sila sa taggutom, tinakot sila sa mga salot ng mga insekto, at ginamit ang malalakas na ulan upang "diligan" sila, subalit hindi nila nadama kailanman ang kahungkagan ng buhay. Kahit ngayon, hindi pa rin nauunawaan ng mga tao ang kabuluhan ng pamumuhay sa lupa. Maaari kayang ang pamumuhay sa Aking presensya ang pinakamalalim na kabuluhan ng buhay ng tao? Ang pagiging nasa loob Ko ba ay tinutulutan ang isang tao na matakasan ang banta ng kapahamakan? Ilang katawang may laman sa lupa ang namuhay sa kalayaan ng kasiyahan sa sarili? Sino ang nakatakas na sa kahungkagan ng pamumuhay sa katawang-tao? Subalit sino ang nakakapansin dito? Mula nang likhain Ko ang sangkatauhan, wala pang sinumang nakapamuhay ng napakamakabuluhang buhay sa lupa, kaya nga ang sangkatauhan ay palaging nag-aksaya ng isang buhay na lubos na walang-kabuluhan. Gayunman, walang sinumang handang takasan ang ganitong uri ng problema, at walang sinumang handang iwasan ang hungkag at nakakabagot na buhay. Sa karanasan ng sangkatauhan, walang sinuman sa mga namumuhay sa katawang-tao ang nakatakas sa mga kinagawian ng mundo ng tao, kahit sinasamantala nila ang pagtatamasa sa Akin. Sa halip, lagi lamang nilang hinayaan ang takbo ng kalikasan at patuloy nilang nilinlang ang kanilang sarili.

Kapag lubos Ko nang nawakasan ang pag-iral ng sangkatauhan, wala nang matitirang magtitiis ng "pag-uusig" sa lupa; saka lamang magiging posibleng sabihin na ang Aking dakilang gawain ay lubos nang natupad. Sa mga huling araw kung kailan Ako ay nagkatawang-tao, ang gawaing nais Kong tuparin ay ipaunawa sa mga tao ang kahungkagan ng mamuhay sa laman, at gagamitin Ko ang pagkakataong ito upang lipulin ang laman. Mula noon, wala nang mga taong iiral sa lupa, wala nang muling mananangis tungkol sa kahungkagan ng lupa, wala nang muling babanggit sa mga

paghihirap ng katawang-tao, wala nang muling magrereklamo na Ako ay hindi-patas, at lahat ng tao at bagay ay papasok sa kapahingahan. Pakatapos noon, ang mga tao ay hindi na magmamadali, palaging abala, at ni hindi na sila maghahanap sa iba't ibang lugar sa lupa, sapagkat makakatagpo na sila ng nararapat na hantungan para sa kanilang sarili. Sa panahong iyon, magkakaroon ng ngiti sa mukha nilang lahat. Sa gayon ay wala na Akong hihilingin pa sa sangkatauhan, at hindi na Ako makikipagtalo sa kanila; hindi na magkakaroon ng kasunduan ng kapayapaan sa pagitan namin. Umiiral Ako sa ibabaw ng lupa at ang mga tao ay namumuhay sa ibabaw ng lupa; namumuhay Ako at nananahan sa piling nila. Nasisiyahan silang lahat sa Aking presensya, kaya nga ayaw nilang umalis nang walang dahilan, at sa halip, mas nanaisin nilang manatili Ako nang kaunti pang panahon. Paano Ko matatagalang saksihan ang kalungkutan sa lupa nang hindi nag-aangat ng daliri para tumulong? Hindi Ako nagmula sa lupa; sa pamamagitan ng pagpapasensya, napilit Ko ang Aking Sarili na manatili rito hanggang sa araw na ito. Kung hindi sa walang-katapusang mga pagsusumamo ng sangkatauhan, matagal na sana Akong umalis. Sa panahong ito mapapangalagaan ng mga tao ang kanilang sarili, at hindi nila kailangan ang tulong Ko dahil tumanda na sila at hindi nila Ako kailangan para pakainin sila. Samakatuwid, plano Kong magdaos ng isang “pagdiriwang ng tagumpay” kasama ang sangkatauhan, pagkatapos ay magpapaalam na Ako sa kanila, para malaman nila ito. Siyempre pa, hindi magandang maghiwalay nang hindi magkasundo, dahil wala naman kaming samaan ng loob. Sa gayon, ang aming pagkakaibigan ay magiging walang hanggan. Umaasa Ako na kapag nagkahiwalay na kami, magagawa ng mga tao na ipagpatuloy ang Aking “pamana,” at hindi malimutan ang mga turong naibigay Ko habang nabubuhay Ako. Sana ay wala silang gawing anuman na maghahatid ng kahihyan sa Aking pangalan, at na isasaisip nila ang Aking salita. Sana ay magawa ng mga tao ang lahat ng makakaya nila upang palugurin Ako kapag nakaalis na Ako; sana ay gamitin nila ang Aking salita bilang pundasyon sa kanilang buhay, at hindi nila makaligtaang ipamuhay ang Aking mga inaasam, sapagkat palaging nag-aalala ang Aking puso para sa mga tao, at palagi Akong malapit sa kanila. Nagtipun-tipon kami ng sangkatauhan, at tinamasa namin sa lupa ang mga pagpapalang kapareho ng nasa langit. Kasama Kong namuhay ang mga tao at nanahan Ako sa piling nila; palagi Akong mahal ng mga tao, at palagi Ko silang mahal. Malapit kami sa isa't isa. Sa paggunita Ko sa panahon na kasama Ko ang mga tao, naaalala Ko ang mga panahon na puno kami ng tawanan at saya, at mayroon ding mga pag-aaway. Gayunpaman, ang aming pagmamahalan ay naitatag sa batayang ito, at ang aming pakikitungo sa isa't isa ay hindi kailanman naputol. Sa gitna ng maraming taon ng aming ugnayan, nag-iwan ng malalim na impresyon ang sangkatauhan sa Akin, at nabigyan Ko ang mga tao ng napakaraming bagay na tatamasahin, na lagi nilang pinasasalamatan nang doble-doble. Ngayon, ang aming mga pagtitipon ay hindi na kailanman magiging tulad ng dati; sino ang makakalimot sa sandaling ito ng aming paghihiwalay? Mahal na mahal Ako ng mga tao, at walang-hanggan ang pagmamahal Ko sa kanila—ngunit

ano ang magagawa tungkol diyan? Sino ang mangangahas na lumabag sa mga kinakailangan ng Ama sa langit? Babalik Ako sa Aking tahanan, kung saan tatapusin Ko ang isa pang bahagi ng Aking gawain. Marahil ay magkakaroon pa kami ng pagkakataong magkitang muli. Sana ay hindi gaanong malungkot ang mga tao, at bigyang-kasiyahan nila Ako sa lupa; madalas silang bibiyayaan ng Aking Espiritu sa langit.

Sa panahon ng paglikha, naipropesiya Ko na sa mga huling araw gagawa Ako ng isang grupo ng mga tao na kaisa Ko ang isipan. Nasabi Ko na noon pa man na matapos magtatag ng isang huwaran sa lupa sa mga huling araw, babalik Ako sa Aking tahanan. Kapag napalugod Ako ng buong sangkatauhan, natupad na nila ang hiniling Ko sa kanila, at hindi Ko na sila hihilingan ng anupaman. Sa halip, Ako at ang mga tao ay magpapalitan ng mga kuwento tungkol sa mga nakaraang panahon, at pagkatapos niyon ay maghihiwalay na kami. Nasimulan Ko na ang gawaing ito, at natulutan Ko na ang mga tao na ihanda ang kanilang isipan at unawain ang Aking mga layunin, kung hindi ay magkakamali sila ng pag-unawa at iisipin nila na Ako ay malupit o walang puso, na hindi Ko hinahangad. Mahal ba Ako ng mga tao subalit ayaw nila Akong bigyan ng angkop na dakong pahingahan? Ayaw ba nilang magsumamo sa Ama sa langit sa Aking pangalan? Hindi pa ba nakaluha ng pagdamay ang mga tao na kasama Ko? Hindi pa ba sila nakatulong sa pagsasakatuparan ng maagang pagkikita Naming muli—ang Ama at Anak? Kung gayon ay bakit ayaw nila ngayon? Ang Aking ministeryo sa ibabaw ng lupa ay natupad na, at matapos makipaghiwalay sa sangkatauhan, patuloy pa rin Akong tutulong sa kanila; hindi ba mabuti ito? Upang magkamit ng mas magagandang resulta ang Aking gawain, at upang maging kapaki-pakinabang ito sa magkabilang panig, kailangan kaming maghiwalay, bagama't masakit iyon. Hayaang tumulo ang aming mga luha nang tahimik; hindi Ko na sisisihin ang sangkatauhan. Noong araw, nakapagsalita Ako ng maraming bagay sa mga tao, na pawang nakaduro sa puso nila mismo, kaya sila naluha sa pagdadalamhati. Dahil diyan, humihingi Ako ng paumanhin sa sangkatauhan at humihingi Ako ng tawad sa kanila. Hinihiling Ko na huwag nila Akong kamuhian, sapagkat lahat ng ito ay para sa kanilang sariling kabutihan. Samakatuwid, sana ay maunawaan ng mga tao ang Aking puso. Sa nakaraang mga panahon nagkaroon kami ng mga alitan, ngunit sa paggunita, kapwa kami nakinabang. Dahil sa mga alitang ito, naging magkaibigan ang Diyos at ang sangkatauhan. Hindi ba iyan ang bunga ng ating pagtutulungan? Dapat nating matamasang lahat ito. Humihingi Ako ng tawad sa mga tao sa dati Kong “mga pagkakamali.” Ang kanila ring mga paglabag ay kalilimutan. Basta't kaya nilang suklian ang Aking pagmamahal sa hinaharap, mapapanatag niyan ang Aking Espiritu sa langit. Hindi Ko alam kung ano ang matibay na pagpapasiya ng sangkatauhan tungkol dito—kung handa ang mga tao na palugurin Ako sa Aking huling kahilingan o hindi. Wala na Akong iba pang hinihiling sa kanila, basta mahalin lamang nila Ako. Sapat na iyan. Magagawa ba ito? Hayaang maiwan sa nakaraan ang lahat ng masasaklap na bagay na nangyari sa pagitan natin; hayaang palaging magkaroon ng pagmamahalan sa pagitan natin. Nabigyan Ko na ang

mga tao ng labis na pagmamahal, at napakabigat ng ipinalit nila para mahalin Ako. Sa gayon, sana ay pahalagahan ng sangkatauhan ang walang-halo at dalisay na pagmamahalan sa pagitan namin upang umabot ang aming pagmamahal sa buong mundo ng tao at maipasa ito sa iba magpakailanman. Kapag nagkita tayong muli, mag-ugnayan pa rin tayo sa pagmamahal upang magpatuloy ang ating pagmamahalan hanggang kawalang-hanggan at mapuri at maipalaganap ng lahat ng tao. Masisiyahan Ako riyan, at ipakikita Ko ang Aking nakangiting mukha sa sangkatauhan. Sana ay maalala ng mga tao ang Aking mga payo.

Hunyo 1, 1992

APENDISE

**MGA PAKAHULUGAN
SA MGA HIWAGA
NG “MGA SALITA NG DIYOS
SA BUONG SANSINUKOB”**

Kabanata 1

Gaya ng sinabi ng Diyos, “Walang maaaring makatarok sa ugat ng Aking mga salita, ni maunawaan ang Aking mga layunin sa pagbigkas sa mga iyon,” kung hindi dahil sa paggabay ng Espiritu ng Diyos, at kung hindi dahil sa pagdating ng Kanyang mga pahayag, lahat ng tao ay mapapahamak sa ilalim ng Kanyang pagkastigo. Bakit ba sinubok ng Diyos ang tao nang napakatagal? At kasingtagal ng limang buwan? Ito ang pangunahing punto ng ating pagbabahagi gayundin ang pinakapunto ng karunungan ng Diyos. Maaari nating ipalagay ang ganito: Kung hindi dahil sa panahon ng pagsubok na ito sa tao, at kung wala ang marubdob na paghampas, pagpatay, at pagtibag ng Diyos sa tiwaling sangkatauhan, kung ang pagtatayo ng iglesia ay nagpatuloy hanggang ngayon, ano na kaya ang naging resulta? Kaya sa unang pangungusap pa lamang, ang Diyos ay dumidiretso na sa punto at direktang tinutukoy ang ninanasang epekto ng gawain sa loob ng mga buwang ito—tunay na nagpapadugo na Siya sa unang tusok pa lang! Sapat na ito upang ipakita ang karunungan ng mga gawa ng Diyos sa loob ng panahong ito ng ilang buwan: Nagawa ng mga ito na turuan ang lahat, sa pamamagitan ng pagsubok, kung paano magpasakop at kung paano taos-pusong ibuhos ang kanilang sariling lakas, gayundin ang kung paano mas makikilala ang Diyos sa pamamagitan ng masakit na pagpipino. Habang mas nawawalan ng pag-asa ang mga tao, mas nakikilala nila ang kanilang mga sarili. At sa totoo lang, habang mas nakakaharap sila ng pagpipinong puno ng pagdurusa, mas nakikilala nila ang kanilang sariling katiwalian, hanggang maunawaan nila na sila ay hindi karapat-dapat kahit na maging isang tagapagsilbi para sa Diyos, at ang pagsisilbi ay pagtataas Niya. Kaya’t kapag nakamit na ang resultang ito, kung kailan nasaid na ng tao ang kanyang sarili, direktang binibigkas ng Diyos ang mga salita ng habag, nang walang itinatago. Maliwanag na ang pamamaraan ng paggawa ng Diyos, pagkatapos ng ilang buwan na ito, ay nagsisimula ngayon; ginawa na Niya itong malinaw upang makita ng lahat. Dahil sa nakaraan ay malimit na sinabi ng Diyos, “hindi madaling makamit ang karapatang matawag na bayan ng Diyos,” kaya tinupad Niya ang mga salitang ito sa mga taong tinutukoy bilang mga tagapagsilbi, na sapat na upang ipakita na ang Diyos ay maaaring mapagkatiwalaan nang walang anumang pag-aalinlangan. Lahat ng sinasabi ng Diyos ay magkakatatotoo, sa magkakaibang antas, at hindi ito kailanman hungkag na pananalita.

Kapag ang lahat ng tao ay puno ng pighati at kalumbayan hanggang sa pagkagambala, ang mga salitang gaya nito mula sa Diyos ay akmang-akma, pinasisigla silang muli sa gitna ng kanilang kawalan ng pag-asa. Upang alisin ang anupamang pag-aalinlangan mula sa isip ng mga tao, idinagdag ng Diyos ang sumusunod: “Kahit na sila ay tinataguriang Aking bayan, ang titulong ito ay hindi pumapangalawa sa anumang paraan sa pagkatawag bilang Aking ‘mga anak.’” Sapat na ito upang ipakita na ang Diyos lamang ang makapag-iingat sa Kanyang sariling awtoridad, at kapag nabasa na ito ng mga tao, mas matibay silang maniniwala na hindi ito isang paraan ng paggawa, kundi

katotohanan. Higit pa rito, upang ang mga pangitain ng mga tao ay manatiling hindi nalalambungan, ang pagkakakilanlan ng lahat ng tao ay napalinaw sa Kanyang bagong pamamaraan. Sapat na ito upang ipakita ang karunungan ng Diyos at binibigyang-kakayahan nito ang mga tao na malaman nang mas mabuti na nakikita ng Diyos ang puso ng mga tao; sa kanilang mga ginagawa at mga iniisip, ang mga tao ay gaya ng mga manika, na minamanipula ng Diyos. Ito ay tiyak at hindi mapag-aalinlanganan.

Bumalik tayo sa simula. Ang ginawa ng Diyos mula sa simula ay ang ituro nang tahasan na ang unang hakbang ng Kanyang gawain, “ang pagdadalisay sa iglesia,” ay natapos na. “Ang kalagayan ngayon ay hindi tulad noong dati, at ang Aking gawain ay nakapasok na sa isang bagong panimula.” Mula sa pangungusap na ito, makikita na ang gawain ng Diyos ay nakapasok na sa isang bagong panimula, at pagkatapos ay kaagad Niyang tinukoy sa atin ang mga plano para sa susunod na hakbang ng Kanyang gawain—kapag natapos na ang pagtatayo ng iglesia, ang buhay ng Kapanahunan ng Kaharian ay magsisimula, “dahil hindi na ngayon kapanahunan ng pagtatayo ng iglesia, kundi ang kapanahunan kung kailan ang kaharian ay matagumpay na naitatayo.” Bilang karagdagan, naipahayag Niya na dahil ang mga tao ay nasa lupa pa rin, ang kanilang mga pagtitipon ay patuloy na tutukuyin bilang iglesia, at sa paraang ito ang hindi makatotohanang pagkatanto ng “kaharian” sa mga imahinasyon ng mga tao ay naiiwasan. Kasunod nito ang pagbabahagi tungkol sa usapin ng mga pangitain.

Bakit ba, kahit na ngayon ay kapanahunan ng pagtatayo ng kaharian at katapusan ng pagtatayo ng iglesia, ang lahat ng pagtitipon ay tinatawag pa ring iglesia? Sinabi noon na ang iglesia ay pauna ng kaharian, at kung wala ang iglesia hindi maaaring magkaroon ng usapang tungkol sa kaharian. Ang simula ng Kapanahunan ng Kaharian ay ang simula ng ministeryo ng Diyos sa katawang-tao, at ang Kapanahunan ng Kaharian ay inihahatid ng Diyos na nagkatawang-tao. Ang dinadala Niya ay ang Kapanahunan ng Kaharian, at hindi ang opisyal na pagbaba ng kaharian. Hindi ito mahirap mailarawan sa isip; ang bayan ng Diyos na tinutukoy Ko ay ang mga tao ng Kapanahunan ng Kaharian, at hindi ang mga tao ng kaharian mismo. Sa gayon, may katuturang sabihin na ang mga pagtitipon sa lupa ay tutukuyin pa rin bilang iglesia. Sa nakalipas, kumilos Siya sa loob ng Kanyang normal na pagkatao habang hindi pa napatotohanan bilang Diyos Mismo, kaya ang Kapanahunan ng Kaharian ay hindi pa nagsimula sa gitna ng tao; iyon ay, gaya ng nasabi Ko, ang Aking Espiritu ay hindi pa opisyal na nagsimulang gumawa sa Aking nagkatawang-taong laman. Ngayon na ang Diyos Mismo ay napatotohanan na, ang kaharian ay isinasakatuparan sa gitna ng tao. Ipinakakahulugan nito na Ako ay magsisimulang gumawa sa loob ng Aking pagka-Diyos, kaya’t yaong mga taong makakapagpahalaga sa Aking mga salita at Aking mga gawa sa pagka-Diyos ay kikilalanin bilang Aking bayan sa Kapanahunan ng Kaharian. Dito nabuo ang “bayan ng Diyos.” Sa yugtong ito, ang pangunahing kumikilos at nagsasalita ay ang Aking pagka-Diyos. Ang tao ay sadyang hindi maaaring makialam, ni guluhin ang Aking plano. Sa sandaling nakarating na ang Diyos sa isang tiyak na yugto sa Kanyang pagsasalita,

ang Kanyang pangalan ay nasasaksihan, at mula rito ang Kanyang pagsubok sa sangkatauhan ay magsisimula. Ito ang sukdulan ng karunungan sa gawain ng Diyos. Inilalatag nito ang isang matibay na pundasyon at ang mga ugat para sa pagsisimula ng susunod na hakbang gayundin ang katapusan ng huling hakbang. Ito ay isang bagay na walang sinumang tao ang posibleng nakapag-akala; ito ang punto ng pagtatagpo ng una at ikalawang bahagi ng kapanahunan ng paghatol. Kung wala ang ilang buwan na iyon kung kailan pinino Ko ang tao, hindi magkakaroon ng paraan ng paggawa ang Aking pagka-Diyos. Ang mga buwang iyon ng pagpipino ay nagbukas ng daan para sa susunod na hakbang ng Aking gawain. Ang katapusan ng ilang buwang ito ng gawain ay isang tanda ng paglalim ng susunod na yugto ng gawain. Kung ang isang tao ay totoong nauunawaan ang mga salita ng Diyos, mauunawaan niya na ginagamit ng Diyos ang mga buwang ito upang simulan ang susunod na hakbang ng Kanyang gawain, nang sa gayon ay makamit nito ang higit pang mabuting mga resulta. Dahil ang balakid ng Aking pagkatao ay lumikha ng isang hadlang para sa susunod na hakbang ng Aking gawain, kaya sa pamamagitan ng ilang buwang ito ng pagpipino sa pamamagitan ng pagdurusa, ang parehong panig ay napagtitibay at nagkamit ng malaking pakinabang. Ngayon lamang, bilang bunga nito, nagsisimulang pahalagahan ng tao ang paraan ng pagtawag Ko sa kanya. Kaya't, nang sinabi ng Diyos, sa isang pagbaling ng Kanyang panulat, na hindi na Niya tatawagin ang mga tao bilang "tagapagsilbi", kundi "bayan ng Diyos," lahat sila ay napuno ng kagalakan. Ito ang kahinaan ng tao. Nagsalita ang Diyos sa paraang ginawa Niya para mahuli mismo ang matinding kahinaan ng tao.

Upang lalong makumbinsi ang lahat ng tao at makamit ang kanilang buong-pusong paniniwala, at upang tukuyin ang katunayan na may halong mga dumi ang katapatan ng ilang tao, nagpatuloy pa ang Diyos sa pagtawag ng pansin sa lahat ng iba't ibang uri ng kapangitan ng tao, at sa paggawa nito ay natupad Niya ang Kanyang mga salita: "Ilan ang totoong nagmamahal sa Akin? Sino ang hindi kumikilos alang-alang sa kanilang sariling kinabukasan? Sino ang hindi kailanman dumaing sa panahon ng kanilang mga pagsubok?" Mula sa mga salitang gaya nito, maaaring makita ng lahat ng tao ang kanilang sariling pagsuway, pagiging di-tapat, at kawalan ng paggalang sa magulang, at sa gayon ay makita na ang habag at kagandahang-loob ng Diyos ay sumusunod sa lahat ng naghahanap sa Kanya sa bawat hakbang ng daan. Ito ay makikita mula sa mga sumusunod na salita: "Kapag ang ilan ay nasa bingit ng pag-urong, kapag ang lahat, na umaasa sa Akin na baguhin ang Aking paraan ng pagsasalita, ay nawalan na ng pag-asa, Aking binibigkas ang mga salita ng pagliligtas sa oras na iyon, na dinadala silang lahat na totoong nagmamahal sa Akin pabalik sa Aking kaharian, sa harap ng Aking trono." Dito, ang pariralang "yaong mga totoong nagmamahal sa Akin," at ang retorikal na tanong na "Ilan ang totoong nagmamahal sa Akin?" ay hindi magkasalungat. Ipinapakita ng mga ito kung paanong ang "katapatan" sa kontekstong ito ay mayroong mga dumi. Hindi sa walang nalalaman ang Diyos; bagkus, mismong dahil nakikita ng Diyos ang kaloob-looban ng mga puso ng mga tao, ang mga salitang gaya ng

“katapatan” ay ginagamit Niya, na pang-uuyam na tumutukoy sa tiwaling sangkatauhan, upang higit na makita ng lahat ng tao ang kanilang pagkakautang sa Diyos, higit na kamuhian ang kanilang sarili, gayundin ay mabatid ang katunayan na ang mga hinaing na nasa kanilang mga puso ay nanggagaling lahat kay Satanas. Ang lahat ng tao ay nagugulat kapag nakita nila ang salitang gaya ng “debosyon,” iniisip sa kanilang sarili: “Maraming beses na akong dumaing laban sa Langit at lupa, at maraming beses nang ninais na umalis, ngunit dahil natatakot ako sa mga atas administratibo ng Diyos ay pakikitunguhan ko pa rin ang mga bagay-bagay para lamang matapos na ang mga ito at sumabay sa karamihan, na hinihintay ang Diyos na pakitunguhan ako, na iniisip na, kung lumabas na totoong wala nang pag-asa ang mga bagay-bagay, magkakaroon pa ng sapat na oras para ako’y dahan-dahang umurong. Ngunit ngayon ay tinatawag tayo ng Diyos na Kanyang mga taong tapat. Talaga bang ang Diyos ay Diyos na nakakakita sa kaloob-looban ng mga puso ng mga tao?” Upang maiwasan ang ganitong uri ng maling pagkaunawa kung kaya’t sa katapus-tapusan na lamang tinawag ng Diyos ang pansin ng mga tao sa mga kalagayan ng pag-iisip ng sari-saring uri ng mga tao. Ginawa nito na magbago ang kalagayan ng lahat ng tao mula sa nag-aalinlangan sa kanilang mga puso habang nagpapahayag na masaya sa panlabas, patungo sa isang kalagayan kung saan napaniwala sila sa puso, sa mga salita, at sa paningin. Sa ganitong paraan, ang impresyon ng tao sa salita ng Diyos ay naging mas malalim, at bilang likas na resulta nito’y naging mas takot nang kaunti ang tao, mas gumagalang nang kaunti, at bukod pa rito ay nagtamo ng higit na pagkaunawa sa Diyos. Sa huli, upang maibsan ang mga pag-aalala ng tao, sinabi ng Diyos: “Subalit yamang ang nakaraan ay nakaraan na, at ang kasalukuyan ay narito na, hindi na kailangan pang balikan ang nakaraan na may panghihinayang, o mag-alala tungkol sa hinaharap.” Ang ganitong uri ng maigting, magkakaayon, subali’t maikling paraan ng pagsasalita ay mayroon pang mas malaking epekto, na tinutulutan ang lahat ng nagbabasa ng Kanyang mga salita na makita ang liwanag minsan pa mula sa gitna ng kanilang kawalang pag-asa sa nakalipas, hanggang makita nila ang karunungan at mga gawa ng Diyos, matamo ang katawagang “bayan ng Diyos,” maalis ang mga pag-aalinlangan sa kanilang mga puso, at pagkatapos ay makilala ang kanilang mga sarili mula sa mga nagbabagong pagpapaulit-ulit ng mga kalagayan ng kanilang isip. Ang mga kalagayang ito ay tumataas at bumababa nang salitan, na nagbubunsod ng lungkot at dalamhati, kasiyahan at galak. Sa kabanatang ito, naglahad ang Diyos ng isang balangkas ng mga tao na waring buhay na buhay at matingkad ang bawat detalye, na umabot na ito sa punto ng pagiging perpekto. Ito’y isang bagay na talagang hindi kayang makamit ng tao, isang bagay na tunay na naglalantad ng mga lihim na pinakatatago sa kaibuturan ng puso ng tao. Maaari kayang ito ay isang bagay na kayang gawin ng tao?

Agad na sumusunod dito, at higit pang mahalaga, ay ang talata sa ibaba, na tuwirang ibinubunyag sa tao ang atas administratibo ng Diyos, at ito ang pinakamahalagang bahagi: “Bilang mga tao, sinumang sumasalungat sa realidad at hindi gumagawa ng

mga bagay-bagay ayon sa Aking paggabay ay hindi makararating sa isang mabuting wakas, kundi magdadala lamang ng kaguluhan sa kanilang mga sarili. Sa lahat ng bagay na nagaganap sa sansinukob, walang anuman na hindi Ako ang may huling kapasyahan.” Hindi ba’t ito ang atas administratibo ng Diyos? Sapat na ito upang ipakita na di-mabilang ang mga halimbawa ng mga lumalabag sa atas administratibo na ito. Base sa nasa itaas, nagpapatuloy ang Diyos na udyukan ang bawat isa na huwag isipin ang kanilang sariling tadhana. Kung mangangahas ang isang tao na naising kumawala sa pagsasaayos ng Diyos, ang mga kalalabasan ay magiging lubos na kahindik-hindik. Sa gayon, ginagawa nito na lahat ng dumanas ng kaliwanagan at pagpapalinaw sa mga salitang ito na mas maunawaan ang atas administratibo ng Diyos gayundin ay maunawaan na ang Kanyang kamahalan ay hindi dapat pagkasalaan, at sa gayon ay maging higit na may karanasan at maaasahan, luntiang gaya ng isang punong pino na, bagama’t nalantad sa hangin at namuong hamog, ay nakatayong lumalaban sa banta ng mapait na lamig, at patuloy na dumaragdag sa kasiglahan ng nabubuhay na luntiang kalikasan. Ang karamihan sa mga taong nakakakita sa talatang ito ay nalilito na para bang napadako sila sa isang uri ng lugar na mahirap mahanap ang labasan; ito ay dahil ang nilalaman ng mga salita ng Diyos ay nagbabago nang medyo mabilis, kaya siyam sa sampung tao ay pumapasok sa isang pasikut-sikot na pasilyo kapag nagtatangka silang maunawaan ang kanilang sariling mga tiwaling disposisyon. Upang mas maayos ang paggawa sa hinaharap, upang maalís ang mga pagdududa sa puso ng lahat ng tao, at upang ang lahat ay sumulong sa kanilang paniniwala sa katapatan ng Diyos, binibigyang-diin Niya sa katapusan ng talatang iyon: “Ang bawat isa sa mga yaon na totoong nagmamahal sa Akin ay tiyak na magbabalik sa harapan ng Aking trono.” Sa gayon, ang isip ng mga taong sumailalim sa ilang buwan ng Kanyang gawain ay nababawasan ng pangamba sa isang saglit. Higit pa rito, ang kanilang mga puso, na parang nakabitin sa ere, ay bumabalik sa dati nilang kalagayan na para bang bumagsak sa lupa ang isang mabigat na bato. Hindi na nila kailangang mag-alala sa kanilang kapalaran; higit pa rito, naniniwala sila na ang Diyos ay hindi na magsasalita ng mga salitang walang laman. Yamang ang mga tao ay mapagmagaling, wala kahit isa ang naniniwalang hindi nila ipinakikita ang pinakamataas na pagtatalaga sa Diyos; ito ang dahilan kung bakit sadyang binibigyang-diin ng Diyos ang “totoo”—upang makamit ang mas mabuting kalalabasan. Ito ay upang ihanda ang daan at ilatag ang pundasyon para sa susunod na hakbang sa Kanyang gawain.

Kabanata 3

Ngayon ay hindi na Kapanahunan ng Biyaya, ni kapanahunan ng awa, kundi Kapanahunan ng Kaharian kung saan ang mga tao ng Diyos ay inihahayag, ang kapanahunan kung saan tuwirang ginagawa ng Diyos ang mga bagay-bagay sa

pamamagitan ng pagka-Diyos. Sa gayon, sa kabanatang ito ng mga salita ng Diyos, inaakay ng Diyos ang lahat ng tumatanggap sa Kanyang mga salita tungo sa espirituwal na dako. Sa pambungad na talata, ginagawa Niya nang maaga ang mga paghahandang ito, at kung may kaalaman ang isang tao tungkol sa mga salita ng Diyos, susundan niya ang baging para makuha ang milon, at tuwirang maiintindihan kung ano ang nais makamtan ng Diyos sa Kanyang mga tao. Dati-rati, sinubok ang mga tao sa pamamagitan ng pag-aangkop ng titulong “mga tagasilbi,” at ngayon, matapos silang ipailalim sa pagsubok, ang kanilang pagsasanay ay pormal na nagsisimula. Dagdag pa rito, kailangan ay may mas malaking kaalaman ang mga tao tungkol sa gawain ng Diyos batay sa pundasyon ng mga salita ng nakaraan, at kailangang tumingin sa mga salita at sa persona, at sa Espiritu at sa persona, bilang isang buo na di-mapaghihiwalay—bilang isang bibig, isang puso, isang pagkilos, at isang pinagmumulan. Ang kinakailangang ito ang pinakamataas na kinakailangang nagawa ng Diyos sa tao simula sa paglikha. Mula rito makikita na nais ng Diyos na gugulin ang bahagi ng Kanyang mga pagsisikap sa Kanyang mga tao, na nais Niyang ipakita ang ilang tanda at himala sa kanila, at, ang mas mahalaga, na nais Niyang mapasunod ang lahat ng tao sa buong gawain at mga salita ng Diyos. Sa isang banda, pinaninindigan ng Diyos Mismo ang Kanyang patotoo, at sa kabilang banda, nakagawa Siya ng mga kinakailangan sa Kanyang mga tao, at tuwirang naglabas ng mga atas administratibo ng Diyos sa masa: Sa gayon, yamang kayo ay tinatawag na Aking mga tao, hindi na katulad ng dati ang mga bagay-bagay; dapat ninyong pakinggan at sundin ang mga pagbigkas ng Aking Espiritu, at matamang sundan ang Aking gawain; hindi ninyo maaaring paghiwalayin ang Aking Espiritu at Aking katawang-tao, sapagkat Kami ay likas na iisa, at likas na hindi magkabukod. Dito, upang hindi makaligtaan ng mga tao ang Diyos na nagkatawang-tao, minsan pang may pagbibigay-diin sa mga salitang “sapagkat Kami ay likas na iisa, at likas na hindi magkabukod”; dahil ang gayong pagkaligta ay kamalian ng tao, minsan pa itong inilista sa mga atas administratibo ng Diyos. Sumunod, ipinapaalam ng Diyos sa mga tao ang mga kahihinatnan ng pagsuway sa mga atas administratibo ng Diyos, nang walang itinatagong anuman, sa pagsasabing, “Sila ay daranas ng kawalan, at makakaya lamang uminom mula sa sarili nilang mapait na saro.” Dahil ang tao ay mahina, matapos marinig ang mga salitang ito hindi niya napigilang maging mas maingat sa Diyos sa kanyang puso, sapagkat ang “mapait na saro” ay sapat na upang magnilay-nilay sandali ang mga tao. Maraming interpretasyon ang mga tao rito sa “mapait na saro” na binabanggit ng Diyos: mahatulan ng mga salita o mapaalis mula sa kaharian, o mahiwalay sa loob ng ilang panahon, o magawang tiwali ni Satanas ang katawang-tao at masapian ng masasamang espiritu, o mapabayaan ng Espiritu ng Diyos, o mawakasan at maitapon sa Hades ang katawan ng isang tao. Ang mga interpretasyong ito ang maaaring makamtan ng pag-iisip ng mga tao, kaya nga sa kanilang imahinasyon, hindi kayang lampasan ng mga tao ang mga iyon. Ngunit ang mga iniisip ng Diyos ay hindi katulad ng mga iniisip ng tao; ibig sabihin, ang “mapait na saro” ay hindi tumutukoy sa alinman

sa mga binanggit sa itaas, kundi sa lawak ng kaalaman ng mga tao tungkol sa Diyos matapos tanggapin ang pakikitungo ng Diyos. Para mas maliwanag, kapag sadyang pinaghiwalay ng isang tao ang Espiritu ng Diyos at Kanyang mga salita, o pinaghiwalay ang mga salita at ang persona, o ang Espiritu at ang katawang-taong Kanyang ibinihis sa Kanyang Sarili, hindi lamang walang kakayahan ang taong ito na makilala ang Diyos sa mga salita ng Diyos, kundi gayundin, kung medyo naghihinala sila sa Diyos, nabubulagan sila sa bawat pagkakataon. Hindi ito katulad ng iniisip ng mga tao na tuwirang paghihiwalay sa kanila; sa halip, unti-unti silang bumabagsak sa pagkastigo ng Diyos—na ibig sabihin, nasasadlak sila sa matitinding kapahamakan, at walang sinumang magiging katugma nila, na para bang nasapian sila ng masasamang espiritu, at para silang langaw na walang ulo, na lumalaban sa mga bagay saan man sila pumunta. Sa kabila nito, hindi pa rin nila kayang umalis. Sa kanilang puso, mahirap ipaliwanag ang mga bagay-bagay, na parang may di-mailarawang pagdurusa sa kanilang puso—subalit hindi nila maibuka ang kanilang bibig, at ginugugol nila ang buong maghapon na nakatulala, at hindi madama ang Diyos. Sa ilalim ng sitwasyong ito nakabanta sa kanila ang mga atas administratibo ng Diyos, kaya hindi sila nangangahas na lisanin ang iglesia sa kabila ng kawalan ng kasiyahan—ito ang tinatawag na “panloob at panlabas na pag-atake,” na napakahirap tiisin ng mga tao. Ang nabanggit dito ay iba sa mga kuru-kuro ng mga tao—at iyan ay dahil, sa ilalim ng sitwasyong iyon, alam pa rin nilang hanapin ang Diyos, at nangyayari ito kapag tinatalikuran sila ng Diyos, at ang mas mahalaga ay na, gaya lamang ng isang walang pananampalataya, hindi talaga nila kayang madama ang Diyos. Hindi inililigtas nang tuwiran ng Diyos ang gayong mga tao; kapag naubos na ang laman ng kanilang mapait na saro, dumating na ang sandali ng kanilang huling araw. Ngunit sa sandaling ito, hinahangad pa rin nila ang kalooban ng Diyos, at inaasam na masiyahan pa nang kaunti—ngunit ang pagkakataong ito ay iba sa nakaraan, maliban kung may mga espesyal na sitwasyon.

Kasunod nito, ipinaliliwanag din ng Diyos ang mga positibong aspeto sa lahat, at sa gayon ay minsan pa silang nagtatamo ng buhay—sapagkat, sa mga panahong nagdaan, sinabi ng Diyos na ang mga tagasilbi ay walang buhay, ngunit ngayon ay biglang binabanggit ng Diyos ang “buhay sa loob.” Sa pagsasalita lamang tungkol sa buhay nalalaman ng mga tao na maaari pa ring magkaroon ng buhay ng Diyos sa loob nila. Sa ganitong paraan, nadaragdagan nang nadaragdagan ang kanilang pagmamahal sa Diyos, at nagtatamo sila ng higit na kaalaman tungkol sa pagmamahal at awa ng Diyos. Sa gayon, matapos mamasdan ang mga salitang ito, lahat ng tao ay nagsisisi sa dati nilang mga pagkakamali, at lihim na nalalaglag ang kanilang mga luha ng pagtitika. Gayundin, karamihan ay tahimik na binubuo ang kanilang pasiya na kailangan nilang palugurin ang Diyos. Kung minsan, tumitimo ang mga salita ng Diyos sa kaibuturan ng puso ng mga tao, kaya nagiging mahirap para sa mga tao na tanggapin ang mga iyon, at mahirap para sa mga tao na mapayapa. Kung minsan, ang mga salita ng Diyos ay tapat at taimtim, at nagpapasigla sa puso ng mga tao, kaya nga nang mabasa ng mga

tao ang mga iyon, parang muling nakita ng isang cordero ang ina nito pagkaraang mawala ito nang maraming taon. Napupuno ng mga luha ang kanilang mga mata, nadaraig sila ng damdamin, at sabik na sabik silang mayakap ng Diyos, humahagulgol, inilalabas ang di-maipaliwanag na sakit na nasa puso nila sa loob ng maraming taon, upang ipakita sa Diyos ang kanilang katapatan. Dahil sa ilang buwan ng pagsubok, medyo naging lubha silang sensitibo, na para bang katatapos lamang nilang atakihin ng nerbiyos, gaya ng isang lumpo na ilang taon nang nakaratay sa banig ng karamdaman. Para maging matibay ang kanilang paniniwala sa mga salita ng Diyos, binigyang-diin nang maraming beses ng Diyos ang sumusunod na mga salita: “Upang makapagpatuloy nang maayos at walang sagabal ang susunod na hakbang ng Aking gawain, gumagamit Ako ng pagpipino ng mga salita upang subukin ang lahat ng nasa Aking sambahayan.” Dito, sabi ng Diyos na “subukin ang lahat ng nasa Aking sambahayan”; sa masinsinang pagbasa, sinasabi nito sa atin na kapag kumikilos ang mga tao bilang mga tagasilbi, mga tao pa rin sila sa loob ng bahay ng Diyos. Bukod pa rian, ang mga salitang ito ay nagbibigay-diin sa katapatan ng Diyos tungo sa titulong “mga tao ng Diyos,” na nagdadala ng kaunting ginhawa sa puso ng mga tao. Kaya nga bakit paulit-ulit na tinutukoy ng Diyos ang maraming pagpapakita sa mga tao nang mabasa na nila ang mga salita ng Diyos, o kung kailan ang titulong “mga tao ng Diyos” ay hindi pa nahahayag? Para ipakita lamang ba na ang Diyos ay ang Diyos na tumitingin sa kaibuturan ng puso ng tao? Bahagi lamang ito ng dahilan—at dito, hindi ito gaanong mahalaga. Ginagawa ito ng Diyos upang lubos na mapaniwala ang lahat ng tao, upang malaman ng bawat tao, mula sa mga salita ng Diyos, ang sarili nilang mga kakulangan at malaman ang sarili nilang dating mga pagkukulang patungkol sa buhay, at, ang mas mahalaga, upang ilatag ang pundasyon para sa susunod na hakbang ng gawain. Mapagsisikapan lamang ng mga tao na makilala ang Diyos at sikaping tularan ang Diyos batay sa pundasyon ng pagkilala sa kanilang sarili. Dahil sa mga salitang ito, nagbabago ang mga tao mula sa pagiging negatibo at walang-kibo at nagiging positibo at aktibo, at dahil dito ay nagkakaugat ang ikalawang bahagi ng gawain ng Diyos. Masasabi na, sa hakbang na ito ng gawain bilang pundasyon, ang ikalawang bahagi ng gawain ng Diyos ay nagiging simple, na nangangailangan ng kahit kaunting pagsisikap lamang. Sa gayon, kapag inaalís ng mga tao ang kalungkutan sa kanilang puso at naging positibo at aktibo, sinasamantala ng Diyos ang pagkakataong ito upang gumawa ng iba pang mga kinakailangan sa Kanyang mga tao: “Ang Aking mga salita ay inilalabas at ipinapahayag anumang oras o saanman, kaya nga, dapat din ninyong makilala ang inyong sarili sa Aking harapan sa lahat ng oras. Sapagkat ang ngayon naman ay hindi katulad noong nauna, at hindi mo na maisasakatuparan ang anumang nais mo. Sa halip, sa patnubay ng Aking mga salita, kailangan mong kayaning supilin ang iyong katawan; kailangan mong gamitin ang Aking mga salita bilang iyong tagapagtaguyod, at hindi ka maaaring kumilos nang padalus-dalos.” Dito, binibigyang-diin ng Diyos una sa lahat ang “Aking mga salita”; noong araw, tinukoy rin Niya ang “Aking mga salita” nang maraming beses, at sa gayon, hindi

mapigilan ng bawat tao na pansinin ito nang kaunti. Sa gayon ay ipinahiwatig ang sentro ng susunod na hakbang ng gawain ng Diyos: Ibabaling ng lahat ng tao ang kanilang pansin sa mga salita ng Diyos, at hindi nila maaaring mahalin ang anupamang iba. Lahat ay kailangang pahalagahan ang mga salitang sinambit mula sa bibig ng Diyos, at hindi nila maaaring balewalain ang mga iyon; sa gayon ay wawakasan ang naunang sitwasyon sa iglesia, kung kailan babasahin ng isang tao ang mga salita ng Diyos at marami ang magsasabi ng amen at magiging masunurin. Sa panahong iyon, hindi alam ng mga tao ang mga salita ng Diyos, ngunit ginamit ang mga iyon bilang isang sandata para ipagtanggol ang kanilang sarili. Para mabaligtad ito, gumagawa ang Diyos sa lupa ng bago at mas matataas na mga kahilingan sa tao. Para mapatigil ang mga tao sa pagiging negatibo at walang-kibo matapos makita ang matataas na mga pamantayan at mahihigpit na kinakailangan ng Diyos, hinihikayat ng Diyos ang mga tao nang maraming beses sa pagsasabing: “Dahil nakarating na ang mga bagay-bagay sa isang sitwasyong tulad ngayon, hindi ninyo kailangang masyadong malungkot at magsisi tungkol sa inyong nakaraang mga gawa at kilos. Ang Aking kadakilaan ay walang hangganan tulad ng mga dagat at himpapawid—paanong hindi magiging pamilyar sa Akin ang mga kakayahan at kaalaman ng tao sa Akin na tulad ng likod ng sarili Kong kamay?” Ang masigasig at taos-pusong mga salitang ito ay biglang binubuksan ang isipan ng mga tao, at agad nitong pinapalitan ang kanilang kawalang pag-asa ng pagmamahal sa Diyos, ng pagiging positibo at aktibo, sapagkat ang Diyos ay nagsasalita sa pamamagitan ng paghawak sa kahinaang nasa puso ng mga tao. Hindi namamalayan, palaging nahihiya ang mga tao sa harap ng Diyos dahil sa dati nilang mga kilos, at paulit-ulit silang nagpapahayag ng pagsisisi. Sa gayon, inihahayag ng Diyos ang mga salitang ito sa lalong natural at normal na paraan, kaya hindi nadarama ng mga tao na ang mga salita ng Diyos ay matigas at walang-buhay, kundi kapwa mahigpit at malambot, at malinaw at parang buhay.

Mula sa paglikha hanggang ngayon, tahimik na naip plano ng Diyos ang lahat para sa tao mula sa espirituwal na mundo, at hindi inilarawan kailanman ang katotohanan ng espirituwal na mundo sa tao. Subalit, ngayon, biglang nagbigay ang Diyos ng isang buod ng labanang nagaganap doon, na likas na iniwan ang mga tao na nagkakamot ng kanilang ulo, tumitindi ang kanilang pakiramdam na ang Diyos ay malalim at di-maarok, at mas pinahihirap pa para sa kanila na matagpuan ang pinagmumulan ng mga salita ng Diyos. Masasabi na ang katayuan ng labanan sa espirituwal na mundo ay naghahatid sa lahat ng tao tungo sa espiritu. Ito ang unang mahalagang bahagi ng gawain sa hinaharap, at siyang tanda na nagbibigay-kakayahan sa mga tao na makapasok sa espirituwal na dako. Mula rito, makikita na ang susunod na hakbang ng gawain ng Diyos higit sa lahat ay nakatutok sa espiritu, na ang pangunahing layunin ay bigyan ang lahat ng tao ng higit na kaalaman tungkol sa mahimalang mga gawa ng Espiritu ng Diyos sa loob ng katawang-tao, sa gayon ay binibigyan ang lahat ng matapat sa Diyos ng higit na kaalaman tungkol sa kahangalan at likas na katangian ni Satanas. Bagama’t hindi

silang isinilang sa espirituwal na dako, pakiramdam nila ay parang namasdan na nila si Satanas, at kapag ganito ang pakiramdam nila, agad na binabago ng Diyos ang paraan ng Kanyang pagsasalita—at kapag natamo na ng mga tao ang paraang ito ng pag-iisip, itinatanong ng Diyos: “Bakit Ko kayo sinasanay nang may ganitong pagmamadali? Bakit Ko sinasabi sa inyo ang mga katunayan ng espirituwal na mundo? Bakit Ko kayo paulit-ulit na pinaaalalahanan at pinapayuhan?” At kung anu-ano pa—isang buong serye ng mga tanong na pumupukaw ng maraming tanong sa utak ng mga tao: Bakit ganito ang tono ng pagsasalita ng Diyos? Bakit Siya nagsasalita tungkol sa mga bagay ng espirituwal na mundo, at hindi tungkol sa Kanyang mga hinihiling sa mga tao sa panahon ng pagtatayo ng iglesia? Bakit hindi pinatatamaan ng Diyos ang mga kuru-kuro ng mga tao sa pamamagitan ng paghahayag ng mga hiwaga? Sa pagiging mas maalalahanin pa nang kaunti, nagtatamo ng kaunting kaalaman ang mga tao tungkol sa mga hakbang ng gawain ng Diyos, at sa gayon, kapag nakatagpo sila ng mga tukso sa hinaharap, nagkakaroon sila ng tunay na pagkamuhi kay Satanas. At kahit kapag nakatagpo sila ng mga pagsubok sa hinaharap, nagagawa pa rin nilang makilala ang Diyos at kamuhian si Satanas nang mas matindi, at sa gayon ay sumpain si Satanas.

Sa huli, ang kalooban ng Diyos ay inihahayag nang lubusan sa tao: “tinutulutan ang bawat isa sa Aking mga salita na mag-ugat, mamukadkad at mamunga sa iyong espiritu, at ang mas mahalaga, higit pang mamunga. Iyan ay dahil ang Aking hinihingi ay hindi matitingkad at mayayabong na bulaklak, kundi saganang bunga, bungang hindi nawawala ang pagkahinog.” Sa paulit-ulit na mga paghiling ng Diyos sa Kanyang mga tao, ito ang pinakamalawak sa lahat, ito ang sentro, at inilalahad sa isang deretsahang paraan. Nakalipat na Ako mula sa paggawa sa normal na pagkatao tungo sa paggawa sa lubos na pagka-Diyos; sa gayon, noong araw, sa Aking mga salitang malinaw na sinambit, hindi Ko kinailangang magdagdag ng anupamang ibang mga paliwanag, at naunawaan ng karamihan sa mga tao ang kahulugan ng Aking mga salita. Ang resulta, noon pa, ay na ang kinailangan lamang ay malaman ng mga tao ang Aking mga salita at makaya nilang magsalita tungkol sa realidad. Ang hakbang na ito, gayunman, ay ibang-iba. Ang Aking pagka-Diyos ay lubos nang pumalit, at hindi nag-iwan ng puwang para gumanap ng bahagi ang pagkatao. Sa gayon, kung nais maunawaan ng Aking mga tao ang tunay na kahulugan ng Aking mga salita, sukdulan ang paghihirap nila. Sa pamamagitan lamang ng Aking mga pagbigkas sila magtatamo ng kaliwanagan at pagpapalinaw, at kung hindi sa pamamagitan ng daang ito, anumang mga kaisipan ng pag-intindi sa layunin ng Aking mga salita ay walang-kabuluhan lamang na mga pangarap-nang-gising. Kapag may higit na kaalaman ang lahat ng tao tungkol sa Akin matapos tanggapin ang Aking mga pagbigkas, ito ang panahon kung kailan isasabuhay Ako ng Aking mga tao, ito ang panahon kung kailan tapos na ang Aking gawain sa katawang-tao, at ang panahon kung kailan ang Aking pagka-Diyos ay lubos na isinasabuhay sa katawang-tao. Sa sandaling ito, makikilala Ako ng lahat ng tao sa katawang-tao, at tunay na masasabi na ang Diyos ay nagpapakita sa katawang-tao, at

ito ang magiging bunga. Dagdag na patunay ito na ang Diyos ay nagsawa na sa pagtatayo ng iglesia—ibig sabihin, “bagama’t ang mga bulaklak sa isang greenhouse ay di-mabilang na tulad ng mga bituin, at inaakit ang lahat ng taong humahanga, kapag nalanta na ang mga iyon, nasisira ang mga iyon tulad ng mapanlinlang na mga pakana ni Satanas, at walang sinumang nagpapakita ng anumang interes sa kanila.” Bagama’t personal ding gumawa ang Diyos sa panahon ng pagtatayo ng iglesia, dahil Siya ang Diyos na palaging bago at hindi kailanman luma, wala Siyang pangungulila para sa mga bagay ng nakaraan. Para mapigilan ang mga tao sa paggunita sa nakaraan, ginamit Niya ang mga salitang “nasisira ang mga iyon tulad ng mapanlinlang na mga pakana ni Satanas,” na nagpapakita na hindi sumusunod ang Diyos sa doktrina. May ilang tao na maaaring magkamali ng pakahulugan sa kalooban ng Diyos, at magtatanong: Yamang ito ay gawaing ginagawa ng Diyos Mismo, bakit Niya sinabi na “kapag nalanta na ang mga bulaklak, walang sinumang nagpapakita ng anumang interes sa kanila”? Ang mga salitang ito ay nagbibigay ng isang paghahayag sa tao. Ang pinakamahalaga ay tinutulutan ng mga ito ang lahat ng tao na magkaroon ng isang bago, at tamang, panimula; saka lamang nila mabibigyang-kasiyahan ang kalooban ng Diyos. Sa huli, magagawa ng mga tao ng Diyos na purihin ang Diyos nang tunay, hindi sapilitan, at na nagmumula sa kanilang puso. Ito ang nasa puso ng 6,000-taong plano ng pamamahala ng Diyos. Ibig sabihin, ito ang pagkabuo ng 6,000-taong planong ito ng pamamahala: ipabatid sa lahat ng tao ang kabuluhan ng pagkakatawang-tao ng Diyos—praktikal na ipabatid sa kanila na ang Diyos ay naging tao, ibig sabihin, ang mga gawa ng Diyos sa katawang-tao—kaya nga ikinakaila nila ang malabong Diyos, at nakikilala ang Diyos ng ngayon at kahapon din, at, bukod pa ryan, ng kinabukasan, na tunay at aktwal na umiiral mula sa kawalang-hanggan hanggang sa kawalang-hanggan. Saka lamang papasok ang Diyos sa kapahingahan!

Kabanata 4

Para mapatigil ang lahat ng tao sa paglingon at pagkatangay matapos magbago mula sa pagiging negatibo tungo sa pagiging positibo, sa huling kabanata ng pagbigkas ng Diyos, sa sandaling masabi ng Diyos ang Kanyang pinakamatataas na kinakailangan sa Kanyang mga tao—sa sandaling masabi ng Diyos sa mga tao ang Kanyang kalooban sa yugtong ito ng Kanyang plano ng pamamahala—binibigyan Niya sila ng pagkakataong pagnilayan ang Kanyang mga salita, upang tulungan silang magdesisyon na palugurin ang kalooban ng Diyos sa huli. Kapag positibo ang mga kundisyon ng mga tao, nagsisimula kaagad ang Diyos na tanungin sila tungkol sa kabilang panig ng isyu. Nagtatanong Siya ng sunud-sunod na mga tanong na mahirap maunawaan ng mga tao: “Nabahiran ba ng dumi ang inyong pagmamahal sa Akin? Dalisay ba at taos-puso ang inyong katapatan sa Akin? Totoo ba ang inyong kaalaman tungkol sa Akin? Gaano

kalaki ang puwang Ko sa inyong puso?” At iba pa. Sa unang kalahati ng talatang ito, maliban sa dalawang pagsaway, lahat ng natitira ay binubuo ng mga katanungan. Ang isang partikular na tanong—“Tumagos ba sa puso ninyo ang Aking mga pagbigkas?”—ay akmang-akma. Talagang tumatagos ito sa pinakalihim na mga bagay sa kaibuturan ng puso ng mga tao, kaya hindi namamalayang itinatanong nila sa kanilang sarili: “Talaga bang tapat ang pagmamahal ko sa Diyos?” Sa kanilang puso, hindi namamalayang ginugunita ng mga tao ang kanilang nakaraang mga karanasan sa paglilingkod: Nilamon sila ng pagpapatawad sa kanilang sarili, pagmamagaling, pagpapahalaga sa sarili, kasiyahan sa sarili, pagiging kampante, at kahambugan. Para silang isang malaking isdang nahuli sa isang lambat—matapos mahulog sa lambat, hindi naging madali sa kanila na palayain ang kanilang sarili. Bukod pa ryan, kadalasan ay hindi sila mapigilan, madalas nilang linlangin ang normal na pagkatao ng Diyos, at inuna ang kanilang sarili sa lahat ng kanilang ginawa. Bago natawag na “mga tagapagsilbi,” para silang bagong-silang na tigre, puno ng lakas. Bagama’t medyo nakatuon ang kanilang pansin sa buhay, paminsan-minsan ay sumasabay lamang sila sa agos; gaya ng mga alipin, paimbabaw ang pakikitungo nila sa Diyos. Noong malantad sila bilang mga tagapagsilbi, negatibo sila, napag-iwanan, puno ng kalungkutan, nagreklamo sila tungkol sa Diyos, yuko ang ulo nila sa kapanglawan, at iba pa. Bawat hakbang ng sarili nilang kamangha-mangha at makabagbag-damdaming mga kuwento ay nananatili sa kanilang isipan. Nahihirapan pa silang matulog, at ginugugol nila ang maghapon sa pagkatuliro. Tila inalis na sila ng Diyos sa ikalawang pagkakataon, nahulog sa Hades, at wala nang kakayahang tumakas. Bagama’t walang ibang ginawa ang Diyos kundi magtanong ng ilang mahihirap na bagay sa unang talata, basahing mabuti, ipinapakita ng mga iyon na ang layunin ng Diyos ay higit pa sa basta itanong lamang ang mga bagay na ito para lamang makapagtanong; nasa loob ng mga iyon ang mas malalim na antas ng kahulugan, na kailangang ipaliwanag nang mas detalyado.

Bakit minsang sinabi ng Diyos na tutal naman, ang ngayon ay ngayon, at yamang nakalipas na ang kahapon, hindi na ito kailangang gunitain pa, subalit sa unang pangungusap dito, tinatanong Niya ang mga tao, at ipinagugunita sa kanila ang nakaraan? Isipin ninyo: Bakit hinihingi ng Diyos sa mga tao na huwag nang gunitain pa ang nakaraan, ngunit ipinagugunita rin sa kanila ang nakaraan? May mali kaya sa mga salita ng Diyos? Mali kaya ang pinagmulan ng mga salitang ito? Natural, hindi magtatanong ang mga hindi pumapansin sa mga salita ng Diyos nang gayon kalalim na mga tanong. Ngunit sa sandaling ito, hindi na kailangang banggitin ito. Una, hayaan ninyong ipaliwanag Ko ang unang tanong sa itaas—ang “bakit.” Siyempre pa, batid ng lahat na sinabi na ng Diyos na hindi Siya sumasambit ng hungkag na mga salita. Kung ang mga salita ay binibigkas mula sa bibig ng Diyos, may layon at kabuluhan ang mga iyon—binabanggit nito ang buod ng tanong. Ang pinakamalaking kabiguan ng mga tao ay ang kanilang kawalan ng kakayahang baguhin ang kanilang masasamang gawi at ang pagiging mailap ng dati nilang likas na pagkatao. Para tulutan ang lahat ng tao na

makilala ang kanilang sarili nang mas lubusan at makatotohanan, inaakay muna sila ng Diyos sa pag-iisip sa nakaraan, nang sa gayon ay maaari nilang mapag-isipan nang mas malalim ang kanilang sarili, at sa gayon ay malaman nila na wala ni isa sa mga salita ng Diyos ang hungkag, at na lahat ng salita ng Diyos ay natutupad sa iba't ibang tao sa iba't ibang antas. Noong araw, ang paraan ng pakikitungo ng Diyos sa mga tao ay nagbigay sa kanila ng kaunting kaalaman tungkol sa Diyos at ginawang mas taos-puso ang kanilang katapatan sa Diyos. Ang salitang “Diyos” ay sumasakop sa 0.1 porsiyento lamang ng mga tao at ng kanilang puso. Ang magkamit ng ganito kalaki ay nagpapakita na nakapagsagawa na ang Diyos ng napakaraming pagliligtas. Makatwirang sabihin na ang pagsasakatuparan ng Diyos ng ganito kalaki sa grupong ito ng mga tao—isang grupong pinagsamantalahan ng malaking pulang dragon at inangkin ni Satanas—ay na hindi sila nangangahas na gawin kung ano lamang ang kanilang maibigan. Iyan ay dahil imposibleng masakop ng Diyos ang isandaang porsiyento ng puso ng mga nakubabawan na ni Satanas. Para maragdagan ang kaalaman ng mga tao tungkol sa Diyos sa susunod na hakbang, ikinukumpara ng Diyos ang kalagayan ng mga tagapagsilbi dati sa mga tao ng Diyos sa ngayon, sa gayon ay lumilikha ng malinaw na pagkakaiba na lalong nagpaparamdam ng pagkapahiya sa mga tao. Tulad ng sabi ng Diyos, “wala kayong mapagtataguan ng inyong kahihyan.”

Kaya, bakit Ko sinabi na ang Diyos ay hindi lamang nagtatanong ng mga bagay-bagay para lamang itanong ang mga iyon? Ang pagbabasang mabuti mula simula hanggang wakas ay nagpapakita na, bagama't hindi lubos na naipaliwanag ang mga bagay na itinanong ng Diyos, lahat ng iyon ay tumutukoy sa hangganan ng katapatan ng mga tao sa Diyos at sa kaalaman tungkol sa Diyos; tumutukoy ang mga iyon, sa madaling salita, sa tunay na mga kalagayan ng mga tao, na kaawa-awa, at mahirap para sa kanila na pag-usapan ang mga iyon. Mula rito ay makikita na ang tayog ng mga tao ay napakaliit, na ang kanilang kaalaman tungkol sa Diyos ay napakababaw, at ang kanilang katapatan sa Kanya ay masyadong may bahid-dungis at marumi. Tulad ng sabi ng Diyos, halos lahat ng tao ay sinasamantala ang sitwasyon at naroon lamang para magparami sa bilang. Kapag sinasabi ng Diyos na, “Naniniwala ba talaga kayo na hindi kayo karapat-dapat na maging Aking mga tao?” ang tunay na kahulugan ng mga salitang ito ay na sa lahat ng tao, walang akmang maging mga tao ng Diyos. Ngunit upang magkamit ng mas matinding epekto, ginagamit ng Diyos ang pamamaraan ng pagtatanong. Ang pamamaraang ito ay mas epektibo kaysa sa mga salita noong araw, na walang-habas na umatake, tumadtad, at pumatay sa mga tao, hanggang sa tumagos ang mga ito sa kanilang puso. Ipalagay nang may tuwirang sinabi ang Diyos na malabo at walang kabuluhan gaya ng “Hindi kayo matapat sa Akin, at may bahid-dungis ang inyong katapatan, wala Akong tiyak na puwang sa inyong puso.... Hindi Ako mag-iiwan ng lugar na mapagtataguan ninyo mula sa inyong sarili, sapagkat walang sinuman sa inyo ang sapat para maging Aking mga tao.” Maaaring paghambingin ninyo ang dalawa, at bagama't pareho ang nilalaman ng mga ito, iba ang tono ng bawat isa. Mas

epektibong gumamit ng mga tanong. Sa gayon, ginagamit ng matalinong Diyos ang unang tono, na nagpapakita ng pagkamalikhain sa Kanyang pagsasalita. Hindi ito kayang gawin ng tao, kaya nga hindi nakapagtataakang sinabi ng Diyos, “Ang mga tao ay mga kagamitan lamang na Aking ginagamit. Ang tanging pagkakaiba sa pagitan nila ay na ang ilan ay aba, at ang ilan ay natatangi.”

Habang patuloy na nagbabasa ang mga tao, marami at mabilis na dumarating ang mga salita ng Diyos, na halos wala silang pagkakataong makahinga, sapagkat hindi kinukunsinti ng Diyos ang tao. Kapag lubos na nagsisisi ang mga tao, minsan pa silang binabalaan ng Diyos: “Kung kayo ay ganap na walang kamalayan sa mga katanungan sa itaas, nagpapakita ito na sinasamantala mo ang sitwasyon, na nariyan ka lamang para magparami sa bilang, at sa panahong Aking paunang itinalaga, tiyak na palalayasin ka at itutulak sa walang hanggang hukay sa ikalawang pagkakataon. Ito ang Aking mga salita ng babala, at ang sinumang nagbabalewala sa mga ito ay tatamaan ng Aking paghatol, at, sa takdang panahon, ay daranas ng kalamidad.” Nang mabasa ang gayong mga salita, hindi mapigilan ng mga tao na isipin noong ihagis sila sa walang hanggang hukay: May banta ng matinding kapahamakan, na pinamahalaan ng mga atas administratibo ng Diyos, naghihintay sa kanila ang kanilang sariling katapusan, sa loob ng mahabang panahon ay nababalisa, nalulungkot, hindi mapakali, hindi mabanggit kaninuman ang kapanglawang nasa puso nila—kumpara dito, pakiramdam nila ay mas mabuti pang maalis ang kanilang laman.... Nang maisip na nila ito, hindi nila napigilang mabalisa. Iniisip ang lagay nila noong araw, ang lagay nila ngayon, at ang magiging lagay nila sa hinaharap, tumitindi ang kalungkutan sa kanilang puso, hindi nila namamalayan na nagsisimula silang manginig, at sa gayon ay lalo silang natatakot sa mga atas administratibo ng Diyos. Nang matanto nila na ang katagang “mga tao ng Diyos” ay maaari ding maging isang kaparaanan lang ng pagsasalita, ang tuwa sa kanilang puso ay agad na nauwi sa pagkabalisa. Ginagamit ng Diyos ang kanilang nakamamatay na kahinaan para hagupitin sila, at sa puntong ito, sinisimulan Niya ang susunod na hakbang ng Kanyang gawain, kaya palaging lumalakas ang loob ng mga tao, at tumitindi ang kanilang pakiramdam na ang mga gawa ng Diyos ay di-maarok, na ang Diyos ay hindi kayang abutin, na ang Diyos ay banal at dalisay, at na hindi sila karapat-dapat na maging mga tao ng Diyos. Dahil dito, dinodoble nila ang kanilang mga pagsisikap na paghusayin ang kanilang sarili, na hindi nangangahas na mapag-iwanan.

Sumunod, para turuan ng aral ang mga tao, at makilala nila ang kanilang sarili, magpitagan sila sa Diyos, at matakot sila sa Diyos, sinisimulan ng Diyos ang Kanyang bagong plano: “Mula sa panahon ng paglikha hanggang ngayon, marami nang taong sumuway sa Aking mga salita at sa gayon ay inalis at pinalayas na mula sa daloy ng Aking pagbawi; sa huli, namamatay ang kanilang katawan at itinatapon ang kanilang espiritu sa Hades, at kahit ngayon ay isinasailalim pa rin sila sa mabigat na kaparusahan. Maraming tao na ang sumunod sa Aking mga salita, ngunit sumalungat na sa Aking kaliwanagan at pagtanglaw ... at ang ilan....” Ang mga ito ay tunay na mga halimbawa.

Sa mga salitang ito, hindi lamang nagbibigay ang Diyos ng tunay na babala sa lahat ng tao ng Diyos upang ipaalam sa kanila ang mga gawa ng Diyos sa lahat ng kapanahunan, kundi nagbibigay rin ng pahapyaw na paglalarawan ng bahagi ng nangyayari sa espirituwal na mundo. Tinutulutan nito na malaman ng mga tao na walang buting idudulot ang pagsuway nila sa Diyos. Magiging walang-hanggang tatak sila ng kahihyan, at magiging sagisag sila ni Satanas, at kamukha ni Satanas. Sa puso ng Diyos, ang aspetong ito ng kahulugan ay pumapangalawa lamang sa kahalagahan, sapagkat ang mga salitang ito ay nagpanginig na sa mga tao at iniwan silang hindi alam ang gagawin. Ang positibong panig nito ay na, habang nanginginig sa takot ang mga tao, nagkakaroon din sila ng ilang detalye ng espirituwal na mundo—ngunit kaunti lamang, kaya kailangan Kong magpaliwanag nang kaunti. Mula sa pasukan ng espirituwal na mundo ay makikita na mayroong lahat ng klase ng espiritu. Gayunman, ang ilan ay nasa Hades, ang ilan ay nasa impierno, ang ilan ay nasa lawa ng apoy, at ang ilan ay nasa walang hanggang hukay. Mayroon pa Akong idaragdag dito. Sa mababaw na pananalita, maaaring hatiin ang mga espiritong ito ayon sa lugar; gayunman, sa partikular na pananalita, ang ilan ay tuwirang pinakikitunguhan ng pagkastigo ng Diyos, at ang ilan ay nasa pagkaalipin kay Satanas, na kinakasangkapan ng Diyos. Mas partikular pa, nag-iiba ang pagkastigo sa kanila ayon sa tindi ng kanilang sitwasyon. Sa puntong ito, magpapaliwanag pa Ako nang kaunti. Yaong mga tuwirang kinakastigo ng kamay ng Diyos ay walang espiritu sa lupa, na ibig sabihin ay wala silang pagkakataong isilang na muli. Ang mga espiritu sa ilalim ng sakop ni Satanas—ang mga kaaway na binabanggit ng Diyos kapag sinasabi Niyang “naging Aking mga kaaway”—ay konektado sa mga makalupang usapin. Ang sari-saring masasamang espiritu sa lupa ay pawang mga kaaway ng Diyos, mga lingkod ni Satanas, at umiiral sila para magsilbi, para magsilbi upang maging mga hambingan sila para sa mga gawa ng Diyos. Sa gayon, sinasabi ng Diyos, “Hindi lamang nabihag ni Satanas ang mga taong ito, kundi naging mga walang-hanggang makasalanan at naging Aking mga kaaway, at tuwiran nila Akong kinakalaban.” Sumunod, sinasabi ng Diyos sa mga tao kung anong klaseng katapusan ang mayroon para sa ganitong klase ng espiritu: “Sila ang mga pakay ng Aking paghatol sa kasukdulan ng Aking poot.” Nililinaw din ng Diyos ang kanilang kasalukuyang mga kalagayan: “Ngayon ay bulag pa rin sila, nasa loob pa rin ng madidilim na piitan.”

Para ipakita sa mga tao ang pagiging totoo ng mga salita ng Diyos, gumagamit ang Diyos ng tunay na halimbawa bilang katibayan (ang sitwasyon ni Pablo na Kanyang binabanggit) kaya nag-iiwan ng mas malalim na impresyon ang Kanyang babala sa mga tao. Para pigilan ang mga tao na ituring na isang kuwento ang sinasabi tungkol kay Pablo, at hadlangan sila sa pag-iisip na mga manonood lamang sila—at, bukod pa ryan, para pigilan silang ipagyang ang mga bagay na nangyari libu-libong taon na ang nakararaan na nalaman nila mula sa Diyos—hindi nakatutok ang pansin ng Diyos sa mga karanasan ni Pablo sa buong buhay nito. Sa halip, nakatuon ang Diyos sa mga kinahinatnan para kay Pablo at anong klase ang kanyang naging katapusan, ang dahilan

kaya kinalaban ni Pablo ang Diyos, at kung paano nagwakas si Pablo sa paraang nangyari sa kanya. Nakatuon ang Diyos sa pagbibigay-diin kung paano Niya tinanggihan sa huli ang mga inaasam-asam ni Pablo, at tuwirang inilantad ang kalagayan ni Pablo sa espirituwal na dako: “Tuwirang kinastigo ng Diyos si Pablo.” Dahil manhid ang mga tao at walang kakayahang maintindihan ang anuman sa mga salita ng Diyos, nagdaragdag ng isang paliwanag ang Diyos (ang sumunod na bahagi ng pagbigkas), at nagsisimulang magsalita tungkol sa isyung nauugnay sa ibang aspeto: “Sinumang kumakalaban sa Akin (sa pagkalaban hindi lamang sa Aking sariling katawang-tao kundi ang mas mahalaga, sa Aking mga salita at Aking Espiritu—na ibig sabihin, sa Aking pagka-Diyos), ay tumatanggap ng Aking paghatol sa kanilang laman.” Sa mababaw na pananalita, bagama’t tila walang kaugnayan ang mga salitang ito sa mga nabanggit sa itaas at walang lumilitaw na anumang pagkakaugnay sa pagitan ng dalawa, huwag mataranta: May sariling mga layon ang Diyos; ang mga simpleng salitang “ang halimbawa sa itaas ay nagpapatunay na” ay likas na pinagsasama ang dalawang tila hindi magkaugnay na mga isyu—ito ang katalinuhan ng mga salita ng Diyos. Sa gayon, naliliwanagan ang mga tao sa pamamagitan ng salaysay tungkol kay Pablo, kaya nga, dahil sa koneksyon sa pagitan ng naunang teksto at ng sumunod na teskto, sa pamamagitan ng aral na naibigay ni Pablo, nagsisikap sila na lalo pang makilala ang Diyos, na siyang epekto mismong nais makamtan ng Diyos sa pagsambit sa mga salitang iyon. Sumunod, nagsasalita ang Diyos ng ilang salitang nagbibigay ng tulong at kaliwanagan para sa pagpasok ng mga tao sa buhay. Hindi Ko na kailangang banggitin ito; madarama mo na madaling maunawaan ang mga bagay na ito. Ang kailangan Kong ipaliwanag, gayunman, ay kapag sinasabi ng Diyos na, “Nang gumawa Ako sa normal na pagkatao, karamihan sa mga tao ay sinukat na ang kanilang sarili laban sa Aking poot at pagiging maharlika, at mayroon nang kaunting kaalaman tungkol sa Aking karunungan at disposisyon. Ngayon, tuwiran Akong nagsasalita at kumikilos sa pagka-Diyos, at mayroon pa ring ilang tao na makikita ang Aking poot at paghatol sa sarili nilang mga mata; bukod pa ryan, ang pangunahing gawain ng ikalawang bahagi ng panahon ng paghatol ay ang tuwirang ipaalam sa lahat ng Aking tao ang Aking mga gawa sa katawang-tao, at tuwirang ipakita sa inyong lahat ang Aking disposisyon.” Tinatapos ng ilang salitang ito ang gawain ng Diyos sa normal na pagkatao at opisyal na sinisimulan ang ikalawang bahagi ng gawain ng Diyos sa panahon ng paghatol, na isinasagawa sa pagka-Diyos, at hinuhulaan ang katapusan ng isang grupo ng mga tao. Sa puntong ito, nararapat ipaliwanag na hindi sinabi ng Diyos sa mga tao na ito ang ikalawang bahagi ng panahon ng paghatol nang sila ay maging mga tao ng Diyos. Sa halip, ipinaliliwanag lamang Niya na ito ang ikalawang bahagi ng panahon ng paghatol matapos sabihin sa mga tao ang kalooban ng Diyos at ang mga layuning nais makamit ng Diyos sa panahong ito, at ang huling hakbang ng Diyos sa gawain sa lupa. Hindi na kailangang sabihin na mayroon ding karunungan ng Diyos dito. Kapag kababangon pa lamang ng mga tao mula sa kanilang pagkaratay sa karamdaman, ang tanging bagay na

pinahahalagahan nila ay kung mamamatay ba sila o hindi, o kung maaari bang mawala sa kanilang katawan ang kanilang karamdaman o hindi. Hindi nila pinapansin kung tataba ba sila, o kung magbibihis sila ng tamang damit. Sa gayon, kapag lubusang naniniwala ang mga tao na isa sila sa mga tao ng Diyos, saka lamang sinasabi ng Diyos ang Kanyang mga kinakailangan, sa paisa-isang hakbang, at sinasabi sa mga tao kung anong panahon na ngayon. Iyan ay dahil may lakas lamang na tumutok ang mga tao sa mga hakbang ng pamamahala ng Diyos ilang araw matapos na sila ay gumaling, kaya nga ito ang pinakaakmang sandali para sabihin sa kanila. Matapos makaunawa ang mga tao, saka lamang sila nagsisimulang manuri: Yamang ito ang ikalawang bahagi ng panahon ng paghatol, naging mas mahigpit ang mga kinakailangan ng Diyos, at naging isa na ako sa mga tao ng Diyos. Tamang manuri nang gayon, at ito ang paraan ng pagsuring kayang gawin ng tao; kaya ginagamit ng Diyos ang pamamaraang ito ng pagsasalita.

Kapag nakakaunawa na nang kaunti ang mga tao, minsan pang pumapasok ang Diyos sa espirituwal na dako upang magsalita, kaya nga minsan pa silang matatambangan. Sa magkakasunod na tanong na ito, lahat ay nagkakamot ng kanilang ulo, nalilito, hindi alam kung saan nakabatay ang kalooban ng Diyos, hindi alam kung alin sa mga katanungan ng Diyos ang sasagutin, at, bukod pa ryan, hindi alam kung anong wika ang gagamitin para sumagot sa mga katanungan ng Diyos. Nag-iisip ang tao kung tatawa ba o iiyak. Sa mga tao, tila ang mga salitang ito ay parang maaaring maglaman ng napakalalalim na hiwaga—ngunit kabaligtaran mismo ang totoo. Makabubuting magdagdag Ako ng kaunting paliwanag para sa iyo rito—pagpapahingahin nito ang utak mo, at madarama mo na ito ay isang simpleng bagay at hindi na kailangang pag-isipan ito. Sa katunayan, bagama't maraming salita, naglalaman lamang ang mga iyon ng isang layunin ng Diyos: makamit ang katapatan ng mga tao sa pamamagitan ng mga katanungang ito. Ngunit hindi na kailangang sabihin pa ito nang tuwiran, kaya minsan pang gumagamit ang Diyos ng mga katanungan. Gayunman, ang tonong Kanyang ginagamit sa pagsasalita ay lalong banayad, hindi talaga katulad noong simula. Bagama't tinatanong sila ng Diyos, ang klaseng ito ng pagkakaiba ay naghahatid ng kaunting ginhawa sa mga tao. Makabubuti pang basahin mo ang bawat tanong nang isa-isa; hindi ba madalas tukuyin ang mga bagay na ito noong araw? Sa ilang simpleng katanungang ito, sagana ang nilalaman. Ang ilan ay isang paglalarawan ng mentalidad ng mga tao: “Handa ba kayong tamasahin ang buhay sa lupa na katulad ng nasa langit?” Ang ilan ay “panunumpa ng mandirigma” ng mga tao na ginagawa nila sa harap ng Diyos: “Kaya ba talaga ninyong tulutan ang inyong sarili na patayin Ko, at akayin Ko, gaya ng isang tupa?” At ang ilan sa mga iyon ay ang mga kinakailangan ng Diyos sa tao: “Kung hindi Ako nagsalita nang tuwiran, tatalikuran mo kaya ang lahat ng bagay sa iyong paligid at tutulutan ang iyong sarili na gamitin Ko? Hindi ba ito ang realidad na Aking hinihingi? ...” Kasama din sa mga iyon ang mga payo at pagpapanatag ng Diyos para sa tao: “Subalit hinihingi Ko na huwag na kayong mabigatan pa sa mga pagdududa, na maging aktibo kayo sa inyong pagpasok at intindihin ang pinakamalalalim na

kalaliman ng Aking mga salita. Pipigilan kayo nito na magkamali sa pag-unawa sa Aking mga salita, at malabuan sa ibig Kong sabihin, at sa gayon ay lumabag sa Aking mga atas administratibo.” Sa huli, nagsasalita ang Diyos tungkol sa Kanyang mga inaasam para sa tao: “Sana ay naiintindihan ninyo ang Aking mga layunin para sa inyo sa Aking mga salita. Huwag na ninyong isipin pa ang sarili ninyong mga pag-asam, at kumilos kayo ayon sa inyong matibay na pagpapasya sa Aking harapan na magpasakop sa mga pagsasaayos ng Diyos sa lahat ng bagay.” Ang huling katanungan ay may malalim na kahulugan. Pinag-iisip nito ang tao, tumitimo ito sa puso ng mga tao at mahirap kalimutan, walang-tigil na umaalingawngaw, gaya ng isang kampanang malapit sa kanilang mga tainga ...

Ang nasa itaas ay ilan sa mga salita ng paliwanag para magamit mo bilang sanggunian.

Kabanata 5

Kapag may hinihiling ang Diyos sa mga tao na nahihirapan silang ipaliwanag, at kapag tuwirang tumatama ang Kanyang mga salita sa puso ng tao at inaalay ng mga tao ang kanilang tapat na puso para tamasahin Niya, binibigyan sila ng Diyos ng pagkakataong magnilay-nilay, gumawa ng matibay na pagpapasiya, at maghanap ng paraan para magsagawa. Sa ganitong paraan, lahat ng nabibilang sa Kanyang mga tao ay minsan pang iaalay, na nakakuyom ang mga kamao nang may determinasyon, ang kanilang buong pagkatao sa Diyos. Ang ilan, marahil, ay maaaring gumawa ng isang plano at magtakda ng isang pang-araw-araw na iskedyul, habang naghahanda silang kumilos upang magsumikap, na inilalaan ang kaunti nilang lakas sa plano ng pamamahala ng Diyos upang dalhan ito ng kaluwalhatian at pabilisin ito upang matapos na ito. Noong kimkim ng mga tao ang mentalidad na ito, na mahigpit na pinanghahawakan ang mga bagay na ito sa kanilang isipan habang ginagawa nila ang kanilang gawain, habang sila ay nagsasalita at habang sila ay gumagawa, muling nagsimulang magsalita ang Diyos: “Ang tinig ng Aking Espiritu ay isang pagpapahayag ng kabuuan ng Aking disposisyon. Nauunawaan ba ninyo?” Kapag lalong naging determinado ang mga tao, lalong titindi ang kanilang hangaring maintindihan ang kalooban ng Diyos at mas masigasig silang maghahangad na humiling sa kanila ang Diyos. Dahil dito, ibibigay ng Diyos sa mga tao ang kanilang nais, na sinasamantala ang pagkakataong ito upang ibahagi ang Kanyang mga salita, na matagal nang nakahanda, sa mga pinakaloob na dako ng kanilang pagkatao. Bagama’t tila medyo masakit o magaspang ang mga salitang ito, para sa sangkatauhan ay walang katulad sa tamis na marinig ang mga iyon. Bigla, sumibol ang galak sa kanilang puso, na para bang nasa langit sila o nailipat sa iba pang dako—isang tunay na paraiso ng imahinasyon—kung saan ang mga nangyayari sa mundo sa labas ay wala nang epekto sa sangkatauhan. Para maiwasan ang pagkakataon na ang mga tao,

tulad ng nakasanayan nilang gawin noong araw, ay magsalita mula sa labas at kumilos mula sa labas, at sa gayon ay bigong magkaroon ng wastong mga ugat, kapag nakamit na ng mga tao ang hangarin nila sa kanilang puso at, bukod pa ryan, kapag naghanda silang pumasok sa gawain nang may mainit na kasigasigan, inaakma pa rin ng Diyos ang paraan ng Kanyang pagsasalita sa kanilang mentalidad at pinabubulaan, kaagad at nang walang pag-aatubili, ang lahat ng sigla at relihiyosong seremonyang nasa puso nila. Sabi nga ng Diyos: “Talaga bang nakita na ninyo ang kahalagahan nito?” Bago o pagkatapos mang matibay na magpasiya ang mga tao tungkol sa isang bagay, hindi nila binibigyan ng malaking pagpapahalaga ang pagkilala sa Diyos sa Kanyang mga kilos o sa Kanyang mga salita, kundi sa halip ay patuloy nilang pinagninilayan ang tanong na, “Ano ang magagawa ko para sa Diyos? Iyan ang pinakamahalaga!” Kaya nga sinasabi ng Diyos, “At ang lakas pa ng loob ninyong tawagin ang inyong sarili na Aking mga tao sa Aking harapan—wala kayong kahihiyan, lalo nang wala kayong anumang pakiramdam!” Matapos sabihin ng Diyos ang mga salitang ito, natatanto kaagad ng mga tao ang kanilang sarili at, parang nakukuryente, madalian nilang inuurong ang kanilang mga kamay sa kanilang dibdib, na takot na takot na mapukaw ang poot ng Diyos sa ikalawang pagkakataon. Dagdag pa rito, sinabi rin ng Diyos: “Sa malao’t madali, ang mga taong katulad ninyo ay paaalisin mula sa Aking bahay. Huwag kayong umakto na parang mas matalino kayo sa Akin, na ipinapalagay na nakapagpatotoo kayo para sa Akin!” Nang marinig ang mga salitang ito, lalo pang natakot ang mga tao, na para bang nakakita sila ng leon. Alam na alam nila sa kanilang puso. Ayaw nilang makain sila ng leon, samantalang sa kabilang dako, wala silang ideya kung paano tumakas. Sa sandaling ito mismo, ang plano sa puso ng tao ay naglalaho nang walang bakas, lubusan at ganap. Sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos, pakiramdam Ko ay para bang nakikita Ko ang bawat isang aspeto ng kahihiyan ng sangkatauhan: yuko ang ulo at susukut-sukot kung kumilos, parang isang kandidatong bumagsak sa pagsusulit sa pagpasok sa kolehiyo, na may napakataas na mga huwaran, masayang pamilya, maningning na kinabukasan, at marami pang iba, kasabay ng Apat na Modernisasyon pagsapit ng Taong 2000, na lahat ay naging hungkag na pananalita lamang, na lumilikha ng isang tanawing nasa isip lamang sa isang pelikulang kathang-isip ng siyensya. Ito ay upang palitan ng mga aktibong elemento ang mga walang-kibo, na nagiging sanhi upang ang mga tao, sa gitna ng kanilang pagiging walang-kibo, ay tumayo sa lugar na naitalaga ng Diyos sa kanila. Ang lubhang mahalaga ay ang katotohanan na takot na takot ang mga tao na mawala ang titulong ito; sa gayon, kumakapit sila para mabuhay sa kanilang sariling mga katungkulan, sa matinding takot na baka may isang taong umagaw sa mga iyon. Kapag ganito ang nasa isipan ng sangkatauhan, hindi nag-aalala ang Diyos na maging walang-kibo ang mga tao, kaya ginagawa Niyang mga salita ng interogasyon ang Kanyang mga salita ng paghatol. Hindi lamang Niya binibigyan ng pagkakataon ang mga tao na maghabol ng hininga, kundi binibigyan Niya rin sila ng pagkakataong alalahanin ang dati nilang mga hangarin bago ngayon at ayusin ang mga iyon para masangguni sa hinaharap:

Anumang di-angkop ay maaaring baguhin. Ito ay dahil hindi pa nasisimulan ng Diyos ang Kanyang gawain—ito ay isang piraso ng magandang kapalaran sa gitna ng malaking kasawian—at, bukod pa ryan, hindi Niya kinokondena ang mga iyon. Kaya, hayaan mong patuloy kong ibigay sa Kanya ang buo kong debosyon!

Sumunod, hindi mo dapat isantabi ang mga salita ng Diyos nang dahil sa iyong takot. Tumingin upang makita kung mayroong anumang bagong mga hinihingi ang Diyos. Tiyak, makakatuklas ka ng ganito: “Simula sa oras na ito, sa lahat ng bagay, kailangan mong pumasok sa realidad ng pagsasagawa; kapag puro daldal ka lamang, tulad ng nagawa mo noong araw, wala ka nang mararating.” Dito ay hayag din ang karunungan ng Diyos. Naingatan palagi ng Diyos ang Kanyang sariling mga saksi, at nang matapos na ang realidad ng mga salita noong araw, walang sinumang makaarok sa kaalaman tungkol sa “realidad ng pagsasagawa.” Sapat na ito upang patunayan ang katotohanan ng sinabi ng Diyos: “Ako Mismo ang nagsasagawa ng gawain.” May kinalaman ito sa totoong kahulugan ng gawain sa pagka-Diyos, at gayundin sa dahilan kaya ang sangkatauhan, matapos marating ang isang bagong punto ng simula, sa kabila noon ay hindi pa rin kayang maarok ang totoong kahulugan ng mga salita ng Diyos. Ito ay dahil, noong araw, halos lahat ng tao ay nakakapit sa realidad ng mga salita ng Diyos, samantalang ngayon ay wala silang ideya tungkol sa realidad ng pagsasagawa, na nauunawaan lamang ang mabababaw na aspeto ng mga salitang ito ngunit hindi ang diwa ng mga ito. Ang mas mahalaga pa, ito ay dahil ngayon, sa pagtatayo ng kaharian, walang sinumang pinahihintulatang makialam, kundi sumunod lamang sa utos ng Diyos na parang mga robot. Tandaan itong mabuti! Tuwing babanggitin ng Diyos ang nakaraan, nagsisimula Siyang magsalita tungkol sa aktuwal na sitwasyon sa ngayon; isa itong anyo ng pagsasalita na lumilikha ng kapansin-pansing pagkakaiba sa pagitan ng kung ano ang nauuna at kung ano ang sumusunod, at dahil dito ay nakakamit ang mas mabubuti pang bunga, na nagbibigay-kakayahan sa mga tao na ikumpara ang kasalukuyan sa nakaraan, at sa ganitong paraan ay naiiwasan ang pagkalito sa dalawang ito. Ito ay isang panig ng karunungan ng Diyos, at ang layunin nito ay upang makamit ang mga bunga ng gawain. Pagkatapos nito, minsan pang ibubunyag ng Diyos ang kapangitan ng sangkatauhan, nang sa gayon ay hindi malimutan ng sangkatauhan kailanman na kumain at uminom ng Kanyang mga salita araw-araw at, ang mas mahalaga pa, upang makilala nila ang kanilang sarili at ituring itong aral na kailangan nilang matutuhan araw-araw.

Matapos sambitin ang mga salitang ito, nakamit na ng Diyos ang mga epektong orihinal Niyang nilayon. Kaya nga, pinararaan Niya ito sa iilang pangungusap nang hindi pinapansin kung naunawaan ba Siya ng sangkatauhan o hindi, dahil walang kinalaman ang gawain ni Satanas sa sangkatauhan—walang ideya ang sangkatauhan tungkol dito. Ngayon, tinatalikuran ang daigdig ng mga espiritu, tingnan pang mabuti kung paano humihiling ang Diyos sa sangkatauhan: “Habang nagpapahinga sa Aking tirahan, nagmamasid Akong mabuti: Lahat ng tao sa mundo ay nagmamadali,

‘naglalakbay sa buong mundo’ at nagpaparoo’t parito, lahat para sa kapakanan ng kanilang tadhana at kanilang hinaharap. Gayunma’y wala ni isa ang may lakas na mailalaan sa pagtatayo ng Aking kaharian, ni walang lakas na kailangan upang humugot ng hininga.” Pagkatapos ng pakikipagpalitang ito ng mga nakagawian sa mga tao, hindi pa rin sila pinapansin ng Diyos, kundi patuloy Siyang nagsasalita mula sa pananaw ng Espiritu, at, sa pamamagitan ng mga salitang ito, ibinubunyag ang pangkalahatang mga sitwasyon ng buhay ng lahi ng tao sa kabuuan nito. Maliwanag na makikita, mula sa “naglalakbay sa buong mundo” at “nagpaparoo’t parito,” na ang buhay ng tao ay ganap na walang nilalaman. Kung hindi sa walang-hanggang kapangyarihan ng Diyos na magligtas, at lalo na para sa mga isinilang sa mahihirap at malalaking pamilya ng imperyal na lipi ng Tsina, lalo pang mas madaling mamuhay nang walang kabuluhan ang mga tao habambuhay, at mas mabuti pang mahulog sila tungo sa Hades o impiyerno kaysa isilang sa mundo. Sa ilalim ng paghahari ng malaking pulang dragon, lingid sa kanilang kaalaman, nagkasala sila sa Diyos, at samakatuwid ay natural at wala silang kamalay-malay na sumailalim sila sa pagkastigo ng Diyos. Dahil dito, kinukuha ng Diyos ang mga “nasagip na” at “mga walang utang-na-loob,” at pinagsasama sila upang ihambing ang bawat isa upang mas malinaw na makikilala ng mga tao ang kanilang sarili, na lumilikha mula rito ng isang hambingan sa Kanyang nakapagligligtas na biyaya. Hindi ba ito nagsasanhi ng mas mabisang resulta? Siyempre, hindi Ko na kailangang sabihin pa nang tahasan na, mula sa nilalaman ng mga pagbigkas ng Diyos, maaaring makahiwatig ang mga tao ng isang elemento ng pagsaway, isang elemento ng pagliligtas at pakiusap, at kaunting pahiwatig ng kalungkutan. Sa pagbasa sa mga salitang ito, hindi namamalayan ng mga tao na nagsisimula silang makadama ng pagkabalisa, at hindi nila maiwasang mapaluha.... Gayunman, hindi mapipigilan ang Diyos dahil sa ilang malulungkot na damdamin, ni hindi Niya tatalikuran ang Kanyang gawain, dahil sa katiwalian ng buong lahi ng tao, sa pagdisiplina sa Kanyang mga tao at paghiling sa kanila. Dahil dito, ang Kanyang mga paksa ay tuwirang bumabanggit sa mga sitwasyong tulad ng sa ngayon, at bukod pa ryan, ipinapahayag Niya sa sangkatauhan ang kamahalan ng Kanyang mga atas administratibo upang patuloy na sumulong ang Kanyang plano. Ito ang dahilan, na sinusundan ito nang may taglay na nararapat na bilis at sinasamantala kaagad ang pagkakataon, kaya nagpapahayag ang Diyos sa maselang yugtong ito ng isang konstitusyon para sa panahong ito—isang konstitusyon na kailangang basahin ng mga tao, na pinapansing mabuti ang bawat sugnay, bago nila maunawaan ang kalooban ng Diyos. Hindi na kailangang talakayin pang lalo ito ngayon mismo; kailangan lamang magbasang mabuti ang mga tao.

Ngayon, kayo—ang grupo ng mga taong narito—ang tanging tunay na makakakita sa mga salita ng Diyos. Magkagayunman, sa pagkilala sa Diyos, ang mga tao sa ngayon ay napag-iwanan na ng sinumang isang tao sa nakaraang mga kapanahunan. Dahil dito, sapat na ang linaw kung gaano kalaking pagsisikap ang ibinigay ni Satanas sa mga tao sa loob ng ilang libong taon na ito, gayundin kung gaano kalalim nito nagawang tiwali

ang sangkatauhan—na napakalaki kaya sa kabila ng maraming salitang nasambit ng Diyos, hindi pa rin Siya nauunawaan ni nakikilala ng tao, kundi sa halip ay nangangahas siyang magbangon at kontrahin Siya nang lantaran. Kaya nga, malimit na itinataas ng Diyos ang mga tao ng nakaraang mga kapanahunan bilang mga kahambing para sa mga tao sa ngayon, upang bigyan ang huli, na mga manhid at mapurol ang ulo, ng makatotohanang mga punto ng sanggunian. Dahil walang kaalaman ang mga tao tungkol sa Diyos, at dahil wala silang tunay na pananampalataya sa Kanya, nahatulan na ng Diyos ang sangkatauhan na walang mga kwalipikasyon at katwiran; sa gayon, muli’t muli, nagpakita na Siya sa mga tao ng pagpaparaya at nabigyan sila ng kaligtasan. Isang digmaan ang pinaglalabanan sa larangang ito sa dako ng espiritu: Walang kabuluhan ang pag-asa ni Satanas na gawing tiwali ang sangkatauhan hanggang sa isang tiyak na antas, gawing kasuklam-suklam at masama ang mundo, at sa gayon ay hilahin ang mga tao pababa sa burak kasama nito at sirain ang plano ng Diyos. Gayunman, ang plano ng Diyos ay hindi upang gawin ang buong sangkatauhan na mga taong nakakakilala sa Kanya, kundi sa halip ay piliin ang isang bahagi upang kumatawan sa kabuuan, na iniwan ang natira bilang nasayang na mga produkto, bilang mga produktong may sira na itatapon sa basurahan. Sa gayon, bagama’t mula sa pananaw ni Satanas ang pag-angkin sa ilang tao ay tila isang magandang pagkakataon upang wasakin ang plano ng Diyos, ano kaya ang alam ng isang hangal na katulad ni Satanas tungkol sa layunin ng Diyos? Ito ang dahilan kaya sinabi ng Diyos, noong unang panahon, “Natakpan Ko na ang Aking mukha upang maiwasang tumingin sa mundong ito.” Mayroon nga tayong kaunting nalalaman tungkol dito, at hindi hinihiling ng Diyos na magkaroon ng kakayahan ang mga tao na gawin ang kahit ano; sa halip, nais Niyang tanggapin nila na ang Kanyang ginagawa ay mahimala at di-maarok, at pagpitaganan Siya sa kanilang puso. Kung kakastiguhin sila ng Diyos, tulad ng iniisip ng mga tao, nang walang pagsasaalang-alang sa sitwasyon, matagal na sanang nalipol ang buong mundo. Hindi ba ito mangangahulugan ng pagkahulog sa bitag mismo ni Satanas? Kaya nga, ginagamit lamang ng Diyos ang Kanyang mga salita upang makamtan ang mga bungang nasa Kanyang isipan, ngunit bihirang dumating ang mga katunayan. Hindi ba ito isang halimbawa ng Kanyang mga salitang, “Kung hindi Ako naawa sa inyong kawalan ng mga kakayahan, katwiran, at mga kabatiran, malilipol kayong lahat sa gitna ng Aking pagkastigo, mabubura kayo sa mundo. Magkagayunman, hanggang sa matapos ang Aking gawain sa mundo, mananatili Akong maluwag sa sangkatauhan”?

Kabanata 6

Natitigilan ang mga tao kapag binabasa nila ang mga binigkas ng Diyos, at iniisip nila na nakapagsagawa ang Diyos ng isang dakilang gawa sa espirituwal na dako, isang bagay na hindi kaya ng tao, at kailangang isakatuparan ng Diyos Mismo nang

personal. Kaya minsan pang sumasambit ang Diyos ng mga salita ng pagpaparaya sa sangkatauhan. Nalilito sila sa kanilang puso: “Ang Diyos ay hindi isang Diyos na may awa o kagandahang-loob, isa Siyang Diyos na pumapatay lamang sa tao. Bakit Siya nagpaparaya sa atin? Maaari kayang minsan pang nagpalit ng pamamaraan ang Diyos?” Kapag pumapasok ang mga kuru-kuro na ito, ang mga ideyang ito, sa kanilang puso, ginagawa nila ang lahat upang labanan ang mga ito. Ngunit matapos sumulong ang gawain ng Diyos sa loob ng kaunting panahon, gumagawa ng dakilang gawain ang Banal na Espiritu sa iglesia, at lahat ay nagsisimulang gumanap sa kanilang tungkulin, lahat ng tao ay pumapasok sa pamamaraan ng Diyos, sapagkat walang sinumang nakakakita ng anumang kamalian sa sinasabi at ginagawa ng Diyos. Tungkol sa kung ano mismo ang susunod na hakbang ng Diyos, walang sinuman ang may katiting na ideya. Tulad ng sinabi na ng Diyos: “Sa lahat ng nasa silong ng langit, sino ang hindi Ko hawak sa Aking mga kamay? Sino ang hindi kumikilos ayon sa Aking patnubay?” Gayunma’y may iaalok Akong kaunting payo sa inyo: Sa mga bagay na hindi malinaw sa inyo, walang sinuman sa inyo ang dapat magsalita o gumawa ng anuman. Hindi Ko sinasabi ito para mawala ang iyong kasigasigan, kundi para masunod mo ang patnubay ng Diyos sa iyong mga kilos. Hindi ka dapat manghina o magduda sa anumang dahilan dahil sa pagbanggit Ko sa “mga kamalian”; ang Aking layunin una sa lahat ay upang ipaalala sa iyo na bigyang-pansin ang mga salita ng Diyos. Muling natigilan ang mga tao nang mabasa nila ang mga salita ng Diyos na nagsasabing, “Pansinin ang mga bagay na nauukol sa espiritu, pakinggan ang Aking salita, at magkaroon ng tunay na kakayahang ituring ang Aking Espiritu at Aking pagkatao, at ang Aking salita at Aking pagkatao, bilang isang di-mapaghihiwalay na kabuuan, upang mapalugod Ako ng buong sangkatauhan sa Aking presensya.” Kahapon, binasa nila ang mga salita ng babala, mga salita tungkol sa pagpaparaya ng Diyos—ngunit ngayon, biglang binanggit ng Diyos ang mga espirituwal na bagay. Ano ang nangyayari? Bakit palaging binabago ng Diyos ang Kanyang pamamaraan ng pagsasalita? Bakit dapat ituring ang lahat ng ito bilang isang di-mapaghihiwalay na kabuuan? Maaari kayang hindi praktikal ang mga salita ng Diyos? Matapos basahin nang mas mabuti ang mga salita ng Diyos, natuklasan na kapag nagkahiwalay ang katawang-tao ng Diyos at ang Kanyang Espiritu, ang katawang-tao ay nagiging isang pisikal na katawan na may mga katangian ng laman—ang tinutukoy ng mga tao na isang naglalakad na bangkay. Ang nagkatawang-taong laman ay nagmumula sa Espiritu: Siya ang pagkakatawan ng Espiritu, ang Salita na nagiging tao. Sa madaling salita, ang Diyos Mismo ay namumuhay sa loob ng katawang-tao. Ganyan kaseryoso ang paghihiwalay ng Espiritu ng Diyos mula sa Kanyang pagkatao. Dahil dito, bagama’t tinatawag Siyang tao, hindi Siya kalahi ng sangkatauhan. Wala Siyang mga katangian ng tao, Siya ang pagkataong ibinibihis ng Diyos Mismo, ang pagkataong sinasang-ayunan ng Diyos. Ang salita ng Diyos ay kumakatawan sa Espiritu ng Diyos, at ang salita ng Diyos ay tuwirang ibinubunyag sa katawang-tao—na nagpapakita, bukod pa ryan, na ang Diyos ay namumuhay sa katawang-tao at ang mas

praktikal na Diyos, sa gayon ay pinatutunayan na umiiral ang Diyos at winawakasan ang kapanahunan ng pagkasuwail ng tao sa Diyos. Matapos sabihin sa mga tao ang landas ng pagkilala sa Diyos, minsan pang binabago ng Diyos ang paksa, na bumabaling sa kabilang panig ng bagay na iyon.

“Napasok Ko na ang lahat ng naroon, natanaw Ko na ang buong kalawakan ng sansinukob, at nakalakad na Ako sa gitna ng lahat ng tao, na tinitikman ang tamis at pait sa piling ng tao.” Bagama’t simple, ang mga salitang ito ay hindi madaling maunawaan ng sangkatauhan. Nagbago na ang paksa, ngunit sa diwa, pareho pa rin ito: Binibigyang-kakayahan pa rin nito ang mga tao na makilala ang Diyos na nagkatawang-tao. Bakit sinasabi ng Diyos na natikman na Niya ang tamis at pait sa piling ng tao? Bakit Niya sinasabi na nakalakad na Siya sa gitna ng lahat ng tao? Ang Diyos ay ang Espiritu, at Siya rin ang nagkatawang-taong nilalang. Ang Espiritu, na hindi sakop ng mga limitasyon ng nagkatawang-taong nilalang, ay maaaring pumasok sa lahat ng naroon, matatanaw ng Espiritu ang buong kalawakan ng sansinukob, na nagpapakita na ang Espiritu ng Diyos ay pinupuno ang buong kosmos, na sakop Niya ang daigdig mula sa isang panig patungo sa kabila, na walang anumang bagay na hindi ipinlano ng kamay ng Diyos at walang lugar na hindi matatagpuan ang mga yapak ng Diyos. Bagama’t naging tao ang Espiritu at naisilang na tao, hindi itinatangi ng pag-iral ng Espiritu ang lahat ng pangangailangan ng tao; ang pagkatao ng Diyos ay kumakain, binibihisan ang Kanyang Sarili, natutulog, at naninirahan nang normal, at ginagawa Niya ang dapat gawin ng mga tao nang normal. Subalit dahil iba ang diwa ng Kanyang kalooban, hindi Siya kapareho ng “tao” na binabanggit ng sinuman. At bagama’t nagtitiis Siya sa piling ng sangkatauhan, hindi Niya tinatalikuran ang Espiritu dahil sa pagdurusang ito. Bagama’t Siya ay pinagpala, hindi Niya kinalilimutan ang Espiritu nang dahil sa mga pagpapalang ito. Ang Espiritu at ang pagkatao ay tahimik na nag-uugnayan. Ang Espiritu at ang pagkatao ay hindi maaaring maghiwalay, sapagkat ang pagkatao ang pagkakatawan ng Espiritu, at Siya ay nagmumula sa Espiritu, ang Espiritu na may anyo. Sa gayon ay imposible ang pangingibabaw ng Espiritu sa katawang-tao; ibig sabihin, hindi kaya ng Espiritu na gumawa ng mga bagay na higit sa karaniwan, na ibig sabihin, hindi maaaring humiwalay ang Espiritu sa pisikal na katawan. Kung hihiwalay Siya sa katawang-taong may laman, mawawalan ng kabuluhan ang pagkakatawang-tao ng Diyos. Kapag lubos nang ipinahayag ang Espiritu sa pisikal na katawan, saka lamang makikilala ng tao ang praktikal na Diyos. Mismo, at saka lamang matutupad ang kalooban ng Diyos. Pagkatapos ipakita nang magkahiwalay ang katawang-taong may laman at ang Espiritu sa tao, saka lamang ituturo ng Diyos ang kabulagan at pagsuway ng tao: “Subalit hindi pa Ako totoong nakilala ng tao kailanman, hindi niya Ako pinakinggan kailanman sa Aking mga paglalakbay.” Sa isang banda, sinasabi ng Diyos na lihim Siyang nagtatago sa katawang-taong may laman, hindi kailanman gumagawa ng anumang bagay na higit sa karaniwan para makita ng mga tao; sa kabilang banda, nagrereklamo Siya na hindi Siya kilala ng tao. Walang magkasalungat dito. Sa

katunayan, mula sa isang detalyadong pananaw, hindi mahirap makita na nakakamit ng Diyos ang Kanyang mga layunin mula sa dalawang panig na ito. Kung magpapakita ang Diyos ng mga tanda at himala na higit sa karaniwan, hindi na Niya kakailanganing gumawa ng dakilang gawain. Sa sarili Niyang bibig, susumpain lamang Niya ang mga tao hanggang sa mamatay, at agad silang mamamatay, at sa gayong paraan ay makukumbinsi ang lahat ng tao—ngunit hindi nito matutupad ang layunin ng Diyos sa pagiging tao. Kung talagang kikilos ang Diyos nang gayon, hindi magagawa ng mga tao kailanman na sadyang maniwala sa Kanyang pag-iral. Mawawalan sila ng kakayahang tunay na manampalataya, at bukod diyan, mapagkakamalan nilang Diyos ang diyablo. Ang mas mahalaga pa, hindi malalaman ng mga tao ang disposisyon ng Diyos kailanman—at hindi ba isang aspeto ito ng kabuluhan ng pagkatao ng Diyos sa katawang-tao? Kung walang kakayahan ang mga tao na makilala ang Diyos, mangingibabaw sa tao ang malabong Diyos na iyon, ang Diyos na iyon na higit sa karaniwan, magpakailanman. At dito, hindi ba nasaniban ang mga tao ng sarili nilang mga kuru-kuro? Sa madaling salita, hindi ba si Satanas, ang diyablo, ang mangingibabaw? “Bakit Ko sinasabi na nabawi Ko na ang kapangyarihan? Bakit Ko sinasabi na napakalaki ng kabuluhan ng pagkakatawang-tao?” Ang sandaling nagiging tao ang Diyos ay ang sandaling binabawi Niya ang kapangyarihan, at ito rin ang oras na tuwirang lumilitaw ang Kanyang pagka-Diyos upang kumilos. Lahat ng tao ay unti-unting nakikilala ang praktikal na Diyos, at sa gayong paraan ay ganap na napapawi ang lugar ni Satanas sa kanilang puso, kaya nabibigyan ng mas malalim na lugar ang Diyos sa kanilang puso. Noong araw, nakita ng mga tao ang Diyos sa kanilang isipan sa larawan ni Satanas, bilang isang Diyos na hindi nakikita at hindi nahahawakan; magkagayunman ay naniwala sila na hindi lamang umiiral ang Diyos na ito, kundi may kakayahan ding magsagawa ng lahat ng uri ng tanda at himala, at maghayag ng maraming hiwaga, tulad ng mga pangit na mukha ng mga sinapian ng mga demonyo. Sapat nitong pinatutunayan na ang Diyos sa isipan ng mga tao ay hindi ang larawan ng Diyos, kundi ang larawan ng isang bagay maliban sa Diyos. Sinabi na ng Diyos na nais Niyang sakupin ang 0.1 porsiyento ng puso ng mga tao. Ito ang pinakamataas na pamantayang hinihiling Niya sa tao. Bukod pa sa makikita sa mga ito, mayroon ding praktikal na panig sa mga salitang ito. Kung hindi ito ipinaliwanag nang gayon, iisipin ng mga tao na napakababa ng mga hinihiling ng Diyos sa kanila, na para bang napakaliit ng pagkaunawa ng Diyos sa kanila. Hindi ba ito ang mentalidad ng tao?

Sa paghahalo ng nabanggit sa itaas at ng halimbawa ni Pedro sa ibaba, makikita ng isang tao na totoo ngang mas kilala ni Pedro ang Diyos kaysa sinumang iba pa, sapagkat nakaya niyang talikuran ang malabong Diyos at maghangad ng kaalaman tungkol sa praktikal na Diyos. Bakit espesyal ang pagbanggit kung paano naging mga demonyong kumontra sa Diyos ang kanyang mga magulang? Nagpapatunay ito na hindi hinangad ni Pedro na makilala ang Diyos sa kanyang puso. Ang kanyang mga magulang ang kumatawan sa malabong Diyos; ito ang punto ng pagbanggit sa kanila ng Diyos. Hindi

gaanong pinapansin ng karamihan sa mga tao ang katotohanang ito. Sa halip, nagtutuon sila sa mga panalangin ni Pedro. Sa ilang tao, ang mga panalangin ni Pedro ay palaging nasa kanilang mga labi, palaging nasa kanilang isipan, subalit hindi nila ikinukumpara kailanman ang malabong Diyos sa kaalaman ni Pedro. Bakit tinalikuran ni Pedro ang kanyang mga magulang at naghangad ng kaalaman tungkol sa Diyos? Bakit inudyukan ni Pedro ang kanyang sarili sa mga aral na natutuhan ng mga taong nabigo? Bakit siya nakibahagi sa pananampalataya at pagmamahal ng lahat ng nagmahal sa Diyos sa lahat ng kapanahunan? Nalaman ni Pedro na lahat ng positibong bagay ay nagmumula sa Diyos at tuwirang lumalabas mula sa Kanya nang hindi naiimpluwensyahan ni Satanas. Ipinapakita nito na ang Diyos na kilala niya ay ang praktikal na Diyos, hindi ang Diyos na higit sa karaniwan. Bakit sinasabi na nagtuon si Pedro sa pakikibahagi sa pananampalataya at pagmamahal ng lahat ng nagmahal sa Diyos sa lahat ng kapanahunan? Makikita mula rito na ang kabiguan ng mga tao sa lahat ng kapanahunan higit sa lahat ay dahil nagkaroon lamang sila ng pananampalataya at pagmamahal ngunit wala silang kakayahang makilala ang praktikal na Diyos. Dahil dito, nanatiling malabo ang kanilang pananampalataya. Bakit binanggit ng Diyos nang maraming beses ang pananampalataya ni Job, nang hindi sinasabi na kilala niya ang Diyos, at bakit sinasabi ng Diyos na hindi kapantay ni Pedro si Job? Sa mga salita ni Job—“Narinig Kita sa pakikinig ng pakinig; nguni’t ngayo’y nakikita Ka ng aking mata”—makikita na mayroon lamang pananampalataya si Job, at wala siyang kaalaman. Ang mga salitang “Ang pagkakaiba ng mga magulang ni Pedro sa kanya ay nagbigay sa kanya ng higit na kaalaman tungkol sa Aking kagandahang-loob at awa” ay madalas mag-udyok ng maraming tanong mula sa karamihan ng mga tao: Bakit kinailangang tuwirang makilala ni Pedro ang Diyos? Bakit wala siyang kakayahang tuwirang makilala ang Diyos? Bakit awa at kagandahang-loob lamang ng Diyos ang alam niya, at wala nang ibang binanggit ang Diyos? Posible lamang na maghanap ng kaalaman tungkol sa praktikal na Diyos matapos maunawaan ang kawalan ng realidad ng malabong Diyos; ang layunin ng mga salitang ito ay upang maalís ng mga tao ang malabong Diyos sa kanilang puso. Mula noong panahon ng paglikha hanggang ngayon, kung nakilala ng mga tao ang tunay na mukha ng Diyos noon pa man, hindi sila magkakaroon ng kakayahang mahiwatigan ang mga gawa ni Satanas, sapagkat ang karaniwang kasabihan ng tao na—“hindi napapansin ng isang tao ang patag na lupa hangga’t hindi niya natatawid ang isang bundok”—ay nagpapamalas ng punto ng Diyos sa pagsambit sa mga salitang ito. Dahil nais Niyang bigyan ng mas malalim na pagkaunawa ang mga tao tungkol sa katotohanan ng halimbawang ibinigay Niya, sadyang binibigyang-diin ng Diyos ang awa at kagandahang-loob, na nagpapatunay na ang kapanahunang kinabuhayan ni Pedro ay ang Kapanahunan ng Biyaya. Mula sa isa pang pananaw, mas lalo pang inihahayag nito ang pangit na mukha ng diyablo, na walang ginagawa kundi saktan at gawing tiwali ang tao, na lalong pinatitindi ang kaibhan ng awa at pagmamahal ng Diyos.

Binabalangkas din ng Diyos ang mga katotohanan tungkol sa mga pagsubok kay

Pedro at inilalarawan ang kanilang tunay na sitwasyon, na higit na nagpapahiwatig sa mga tao na hindi lamang mayroong awa at pagmamahal ang Diyos, kundi mayroon din Siyang kamahalan at poot, at na yaong mga payapang namumuhay ay hindi nangangahulugan na namumuhay sila sa gitna ng mga pagpapala ng Diyos. Ang pagsasabi sa mga tao tungkol sa mga karanasan ni Pedro pagkatapos ng mga pagsubok sa kanya ay mas malaking katunayan pa ng katotohanan ng mga salita ni Job na “Tatanggap ba tayo ng mabuti sa kamay ng Diyos, at hindi tayo tatanggap ng masama?” Sa gayon ay ipinamamalas nito na ang kaalaman ni Pedro tungkol sa Diyos ay tunay ngang nakarating sa mga dakong hindi pa nararating, mga dakong hindi nakamtan ng mga tao noong nakaraang mga kapanahunan, na siya ring bunga ng kanyang pakikibahagi sa pananampalataya at pagmamahal ng lahat ng nagmahal sa Diyos sa lahat ng kapanahunan at ng kanyang paghihikayat sa kanyang sarili gamit ang mga aral na natutuhan ng mga taong nabigo noong araw. Dahil dito, lahat ng nagtatamo ng tunay na kaalaman tungkol sa Diyos ay tinatawag na “bunga,” at kasama ryan si Pedro. Ang mga panalangin ni Pedro sa Diyos ay nagpapakita ng kanyang tunay na kaalaman tungkol sa kanyang mga pagsubok. Gayunman, ang isang problema ay na wala siyang kakayahang lubos na maintindihan ang kalooban ng Diyos, kaya nga ang tanging hiniling ng Diyos ay “sakupin ang 0.1 porsiyento ng puso ng tao” batay sa kaalaman ni Pedro tungkol sa Kanya. Na kahit si Pedro, ang taong pinakalubos na nakakilala sa Diyos, ay nagpapakita na walang kakayahan ang mga tao na makilala ang Diyos, sapagkat labis silang nagawang tiwali ni Satanas; tinutulutan nito ang lahat ng tao na malaman ang diwa ng tao. Ang dalawang kinakailangang kundisyong ito—ang kawalan ng kakayahan ng mga tao na makilala ang Diyos at ang lubos na pagpasok ni Satanas sa kanila—ay isang hambingan para sa dakilang kapangyarihan ng Diyos, sapagkat ang Diyos ay gumagawa lamang gamit ang mga salita, hindi Siya nagnenegosyo ng anuman, at sa gayong paraan ay nagkakaroon Siya ng lugar sa puso ng mga tao. Ngunit bakit kailangan lamang makamtan ng mga tao ang 0.1 porsiyentong iyon para mapalugod ang kalooban ng Diyos? Ito ay dahil hindi nilikha ng Diyos ang tao na may ganitong kakayahan. Kung narating ng tao, sa kabila ng kawalan ng kakayahang ito, ang isandaang porsiyentong kaalaman tungkol sa Diyos, bawat galaw ng Diyos ay magiging kasingliwanag ng araw para sa kanila—at, dahil sa likas na pagkatao ng tao, agad maghihimagsik ang mga tao sa Diyos, titindig sila at hayagan Siyang kokontrahin, na siyang ikinabagsak ni Satanas. Kaya hindi minamaliit ng Diyos ang tao kailanman, sa mismong dahilan na lubos na Niya silang nasuri, at alam Niya ang lahat tungkol sa kanila na kasinglinaw ng kristal, kahit hanggang sa kung gaano talaga karami ang tubig sa kanilang dugo. Kung gayon ay gaano pa higit na malinaw sa Kanya ang likas na pagkatao ng sangkatauhan? Hindi nagkakamali ang Diyos kailanman, at pinipili Niya ang mga salita ng Kanyang mga pagbigkas nang may ganap na katumpakan. Sa gayon ay walang salungatan sa pagitan ng hindi pagkakaroon ni Pedro ng tumpak na pagkaintindi sa

kalooban ng Diyos at ng pagkakaroon niya ng pinakamalaking kaalaman tungkol sa Diyos; ang dalawang ito, bukod pa ryan, ay ganap na walang kaugnayan sa isa't isa. Binanggit ng Diyos si Pedro bilang halimbawa hindi para ituon ang pansin ng mga tao sa kanya. Bakit hindi nakilala ng isang taong tulad ni Job ang Diyos, subalit nakaya iyon ni Pedro? Bakit sasabihin ng Diyos na kaya ng tao na makamtan ito, subalit sasabihin pa na dahil iyon sa Kanyang dakilang kapangyarihan? Talaga bang likas na mabuti ang mga tao? Hindi ito madaling malaman ng mga tao; walang sinumang makatatanto sa kabuluhan nasa loob nito kung hindi Ko ito binanggit. Ang layunin ng mga salitang ito ay upang bigyan ng kabatiran ang mga tao, upang magkaroon sila ng pananampalatayang makipagtulungan sa Diyos. Saka lamang makakagawa ang Diyos sa pakikipagtulungan ng tao. Ganito ang aktuwal na sitwasyon sa espirituwal na dako, at ito ay ganap na di-maarok ng tao. Alisan ng lugar si Satanas sa puso ng mga tao at sa halip ay ibigay ang lugar na iyon sa Diyos—ito ang kahulugan ng labanan ang pag-atake ni Satanas, at sa gayong paraan lamang masasabi na nakababa na si Cristo sa lupa, saka lamang masasabi na ang mga kaharian sa lupa ay naging kaharian na ni Cristo.

Sa puntong ito, ang pagbanggit sa pagiging isang huwaran at uliran si Pedro sa loob ng libu-libong taon ay hindi lamang para sabihin na naging isa siyang huwaran at uliran; ang mga salitang ito ay sumasalamin sa digmaang nangyari sa espirituwal na dako. Gumagawa na si Satanas sa tao sa buong panahong ito sa walang-kabuluhan pag-asa na lamunin siya, na naging dahilan upang wasakin ng Diyos ang mundo at mawala ang Kanyang mga saksi. Subalit sinabi na ng Diyos, “Lilikha muna Ako ng isang huwaran upang makuha Ko ang pinakamaliit na lugar sa puso ng tao. Sa yugtong ito, hindi Ako napapalugod ni lubos na nakikilala ng sangkatauhan; magkagayunman, dahil sa Aking dakilang kapangyarihan, magagawa ng mga tao na magpasakop sa Akin nang buong-buo at titigil sila sa paghihimagsik laban sa Akin, at gagamitin Ko ang halimbawang ito upang talunin si Satanas. Ibig sabihin, gagamitin Ko ang sakop Kong 0.1 porsiyento ng puso ng tao upang supilin ang lahat ng puwersang ginagamit ni Satanas sa sangkatauhan.” Kaya, ngayon ay binanggit ng Diyos si Pedro bilang isang halimbawa upang magsilbi siyang isang hulmahan na tutularan at susundan ng buong sangkatauhan. Kapag inihalo sa pambungad na talata, nagpapamalas ito ng katotohanan ng sinabi ng Diyos tungkol sa sitwasyon sa espirituwal na dako: “Ang ngayon ay hindi na katulad ng nakaraan: Gagawa Ako ng mga bagay na hindi pa nakita kailanman mula noong panahon ng paglikha, magsasalita Ako ng mga salitang hindi pa narinig sa nakalipas na mga kapanahunan, sapagkat hinihiling Ko na lahat ng tao ay makilala Ako sa katawang-tao.” Mula rito ay malinaw na nagsimula na ang Diyos na kumilos ayon sa Kanyang mga salita ngayon. Nakikita lamang ng mga tao ang nangyayari sa labas, hindi nila nakikita ang tunay na nangyayari sa loob ng espirituwal na dako, kaya nga tuwirang sinasabi ng Diyos: “Ito ang mga hakbang ng Aking pamamahala, ngunit wala ni katiting na ideya ang tao. Bagama't nagsalita na Ako nang malinaw, nalilito pa rin ang mga tao; mahirap silang

paliwanagan. Hindi ba ito ang kaabahan ng tao?” May mga salita sa loob ng mga salitang ito: Ipinaliliwanag ng mga ito na isang digmaan ang nangyayari sa espirituwal na dako, tulad ng inilarawan sa itaas.

Hindi pa lubos na matutupad ang kalooban ng Diyos matapos Niyang ilarawan nang maikli ang kuwento tungkol kay Pedro, kaya humihingi ang Diyos sa tao ng mga bagay tungkol kay Pedro: “Sa buong kosmos at sa kalangitan, sa lahat ng bagay sa langit at sa lupa, lahat ng bagay sa ibabaw ng lupa at sa langit ay ginagawa ang lahat para sa huling yugto ng Aking gawain. Sigurado kayang ayaw ninyong manatiling mga manonood lamang, na inuutus-utusan ng mga puwersa ni Satanas?” Naliwanagan nang husto ang mga tao matapos magbasa tungkol sa kaalaman ni Pedro, at upang maging higit pang epektibo, ipinapakita ng Diyos sa mga tao ang kahirinatnan ng kanilang kahayupan, kawalan ng pagpipigil, at kawalan ng kaalaman tungkol sa Diyos; bukod pa ryan, sinasabi Niya sa sangkatauhan—minsan pa, at may higit na katumpakan—ang tungkol sa tunay na nangyayari sa digmaan sa espirituwal na dako. Sa gayong paraan lamang mas maingat ang mga tao laban sa pagbihag ni Satanas. Bukod dito, nililinaw nito na kung mahulog ang mga tao sa pagkakataong ito, hindi sila ililigtas ng Diyos na tulad noon sa pagkakataong ito. Kapag pinagsama-sama, pinalalalim ng mga babalang ito ang impresyon ng sangkatauhan tungkol sa mga salita ng Diyos, mas pinahahalagahan ng mga tao ang awa ng Diyos dahil dito, at itinatangi ang mga salita ng babala ng Diyos, upang tunay na matamo ang layunin ng Diyos na iligtas ang sangkatauhan.

Tungkol sa Buhay ni Pedro

Si Pedro ang huwaran ng Diyos para sa sangkatauhan, isang inspirasyon na kilala ng lahat. Bakit kaya itinaas ng Diyos ang isang taong lubhang pangkaraniwan bilang isang halimbawa at dinakila ng sunud-sunod na mga henerasyon? Malinaw na hindi ito maihihiwalay sa pagpapahayag niya ng pagmamahal sa Diyos at paninindigang mahalin ang Diyos. Tungkol naman sa kung paano nahayag ang puso ni Pedro na nagmamahal sa Diyos, at kung ano ba talaga ang mga karanasan niya sa buhay, kailangan nating bumalik sa Kapanahunan ng Biyaya para muling tingnan ang mga kaugalian noong panahong iyon at obserbahan ang Pedro ng panahong iyon.

Ipinanganak si Pedro sa isang pangkaraniwang pamilya ng mga magbubukid na Hudyo. Itinaguyod ng kanyang mga magulang ang buong pamilya sa pamamagitan ng pagsasaka, at siya ang panganay sa mga anak, may apat siyang kapatid na lalaki at babae. Siyempre pa, hindi ito ang pangunahing bahagi ng ating kuwento; si Pedro ang ating pangunahing tauhan. Noong siya ay limang taong gulang, sinimulang turuan si Pedro ng kanyang mga magulang na magbasa. Noong panahong iyon, medyo edukado ang mga Hudyo, at higit na maunlad sa mga larangan ng agrikultura, industriya, at negosyo. Dahil sa kanilang kapaligirang panlipunan, nakapag-aral ang mga magulang

ni Pedro ng mataas na edukasyon. Kahit nanggaling sila sa probinsya, mataas ang kanilang pinag-aralan at maihahambing sa karaniwang mga estudyante sa unibersidad sa panahon ngayon. Malinaw na pinagpalang maisilang si Pedro sa ganoon kagandang kalagayang panlipunan. Dahil matalino at mabilis matuto, madali siyang nakakuha ng mga bagong ideya. Nang magsimula siyang mag-aral, napakadali niyang natutuhan ang kanyang mga leksyon. Ipinagmamalaki ng kanyang mga magulang ang pagkakaroon ng ganoon katalinong anak, at ginawa nila ang lahat para makapasok siya sa paaralan, umaasang magiging tanyag siya at makakakuha ng kahit na anong opisyal na puwesto sa lipunan. Hindi nila namalayan, naging interesado si Pedro sa Diyos, kung kaya, sa edad na labing-apat, habang nasa mataas na paaralan siya, nagsawa siya sa kurikulum ng Sinaunang Kultural Griyego na pinag-aaralan niya, lalo na sa mga kathang-isip na tao at gawa-gawang pangyayari sa sinaunang kasaysayan ng mga Griyego. Mula noon, sinimulang subukan ni Pedro—na katutungtong pa lang sa kasagsagan ng kanyang kabataan—na tumuklas pa tungkol sa buhay ng tao at sa mas malawak na mundo. Hindi siya pinilit ng kanyang konsensya na suklian ang mga pasakit na dinanas ng kanyang mga magulang, dahil malinaw niyang nakita na nabubuhay ang lahat ng tao sa kalagayan ng panlilinlang sa sarili, walang kabuluhan ang buhay nilang lahat, sinisira ang sarili nilang buhay sa pagsisikap magkamit ng kayamanan at pagkilala. Malaki ang kinalaman ng kapaligirang panlipunang kinaroroonan niya sa kanyang pananaw. Kapag mas malawak ang kaalaman ng mga tao, mas masalimuot ang mga pakikipag-ugnayan nila sa iba at ang panloob na mundo nila, at samakatuwid, mas umiiral sila sa kahungkagan. Sa ganitong kalagayan, ginugol ni Pedro ang libre niyang oras sa mga malawakang pagbisita, karamihan doon ay sa mga relihiyosong tao. Sa puso niya, may tila malabong pakiramdam na maaaring relihiyon ang makapagpapaliwanag sa lahat ng hindi maipaliwanag sa mundo ng tao, kaya't malimit siyang pumunta sa isang kalapit na sinagoga para dumalo sa mga pagsamba. Lingid ito sa kaalaman ng kanyang mga magulang, at hindi nagtagal ay nagsimulang kamuhian ni Pedro, na noon pa man ay may mabuting pagkatao at mahusay na pinag-aralan, ang pagpasok sa paaralan. Sa ilalim ng patnubay ng kanyang mga magulang, muntik na siyang hindi makatapos ng mataas na paaralan. Habang lumalangoy pabalik sa pampang mula sa karagatan ng kaalaman, huminga siya nang malalim; mula noon, wala nang magtuturo o maghihigpit sa kanya.

Nang makatapos ng pag-aaral, sinimulan niyang magbasa ng lahat ng uri ng aklat, ngunit sa edad na labimpito, wala pa rin siyang gaanong karanasan sa mas malawak na mundo. Nang makapagtapos sa paaralan, itinaguyod niya ang kanyang sarili sa pamamagitan ng pagsasaka habang naglalaan ng maraming oras sa pagbabasa ng mga aklat at pagdalo sa mga pagsamba. Ang kanyang mga magulang, na malaki ang inaasahan sa kanya, ay madalas isumpa ang Langit dahil sa kanilang “mapanghimagsik na anak,” ngunit kahit ito ay hindi nakapigil sa pagkagutom at pagkauhaw niya para sa katuwiran. Hindi lang iilan ang pinagdaanang problema ni Pedro sa kanyang mga

karanasan, ngunit walang kabusugan ang kanyang puso, at lumago siyang parang damo pagkatapos ng ulan. Hindi nagtagal, naging sapat na “mapalad” siya para makatagpo ng ilang matataas na tao sa mundo ng relihiyon, at dahil napakatindi ng kanyang pananabik, nagsimula siyang sumama sa kanila nang mas madalas, hanggang sa halos buong oras niya ay iginugol niya kasama sila. Sa gitna ng kuntentong kaligayahan, bigla niyang napagtanto na karamihan sa mga taong ito ay naniniwala gamit ang kanilang mga labi, at hindi pa nila naibigay ang kanilang puso sa kanilang paniniwala. Paano matitiis ni Pedro, na may pusong matuwid at dalisay, ang ganoon kalaking dagok? Napagtanto niya na halos lahat ng taong nakasama niya ay mga hayop na nakadamit pantao—mga hayop sila na mukhang tao. Noong panahong iyon, wala pang kamuwang-muwang si Pedro, kaya sa ilang pagkakataon ay taos-puso niya silang pinakiusapan. Ngunit paano naman makikinig ang mga tuso at mautak na kilalang tao sa relihiyon sa mga pagsusumamo ng masigasig na binatang ito? Sa pagkakataong iyon ay nadama ni Pedro ang tunay na kahungkagan ng buhay ng tao: Sa unang hakbang sa yugto ng buhay, siya ay nabigo.... Makalipas ang isang taon, lumayo siya sa sinagoga at nagsimulang mamuhay nang hiwalay sa kanila.

Dahil sa problemang iyon mas naging husto ang pag-iisip at nasanay na sa kamunduhan ang labing-walong taong gulang na si Pedro. Wala nang anumang bahid ng kawalang-muwang ng kanyang kabataan; ang kawalang-malay at katapatan ng bata ay malupit na sinupil ng problemang naranasan niya, at nagsimula siyang mamuhay bilang isang mangingisda. Mula noon, makikita ang mga taong nakikinig sa pangangaral niya sa kanyang bangka. Dahil pangingisda ang ikinabubuhay niya, ipinapalaganap niya ang mensahe saan man siya magpunta, at lahat ng pinangaralan niya ay namangha sa kanyang mga sermon, dahil napukaw ng kanyang ipinapahayag ang puso ng mga karaniwang tao, at tunay silang naantig ng kanyang katapatan. Malimit niyang ituro sa mga tao na tratuhin ang iba nang taos-puso, na tumawag sa Kataas-taasan ng kalangitan at lupa at lahat ng bagay, at na huwag balewalain ang kanilang konsensya at gumawa ng mga kahiya-hiyang bagay, sa lahat ng bagay ay bigyang-kasiyahan ang Diyos na minamahal nila sa kanilang puso... Madalas na lubhang naantig ang mga tao matapos makinig sa kanyang mga sermon; lahat sila ay nakakakuha ng inspirasyon sa kanya at madalas maluha. Noong panahong iyon, labis siyang hinahangaan ng lahat ng kanyang mga tagasunod, na pawang mga dukha at natural, dahil sa lipunan noong panahong iyon, ay iilan lang. Inusig din si Pedro ng mga relihiyosong elemento ng lipunan noong panahong iyon. Dala ng lahat ng iyon, sa loob ng dalawang taon, nagpalipat-lipat siya ng tirahan at mag-isang namuhay. Sa loob ng dalawang taon ng mga pambihirang karanasang iyon, marami siyang napulot na kaalaman at maraming natutuhan tungkol sa mga bagay na dati ay hindi niya alam, dahil doon ay hindi na siya makilala mula sa labing-apat na taong gulang niyang sarili, na tila wala na siyang pagkakapareho ngayon. Sa loob ng dalawang taong ito ay nakatagpo niya ang lahat ng klase ng tao at nakita ang lahat ng uri ng katotohanan tungkol sa lipunan, bunga noon

ay unti-unti na niyang sinimulang itigil ang lahat ng uri ng ritwal mula sa mundo ng relihiyon. Lubha rin siyang naapektuhan ng mga pag-usad ng gawain ng Banal na Espiritu noong panahong iyon; noon, maraming taon nang gumagawa si Jesus, kaya naimpluwensyahan din ng gawain ng Banal na Espiritu noon ang gawain ni Pedro, bagama't hindi pa niya nakikilala si Jesus. Dahil dito, noong nangangaral si Pedro, maraming bagay siyang natamo na hindi natamo ng mga naunang henerasyon ng mga banal. Siyempre pa, noong panahong iyon, medyo may alam na siya tungkol kay Jesus, ngunit hindi pa siya nagkaroon ng pagkakataong makita Siya nang harapan. Umasa lang siya at nanabik na makita ang makalangit na taong bunga ng Banal na Espiritu.

Isang gabi na magtatakinsilim, nangingisda si Pedro mula sa kanyang bangka (malapit sa dalampasigan ng tinatawag noon na Dagat ng Galilea). May hawak siyang pamingwit, ngunit ibang mga bagay ang nasa kanyang isipan. Tinatanglawan ng lumulubog na araw ang ibabaw ng tubig na parang isang malawak na karagatan ng dugo. Mababanaag ang liwanag sa bata subalit payapa at panatag na mukha ni Pedro; tila malalim ang iniisip niya. Sa sandaling iyon, umihip ang hangin, at bigla niyang nadama ang kalumbayan ng kanyang buhay, na agad na naghatid sa kanya ng kapanglawan. Habang nagniningning sa liwanag ang mga alon ng karagatan, naging malinaw na wala siya sa kundisyon na mangisda. Habang nag-iisip nang malalim, bigla siyang may narinig na nagsalita sa kanyang likuran, “Simon Barjona na Hudyo, malungkot ang mga araw ng iyong buhay. Susunod ka ba sa Akin?” Sa pagkabigla, agad nabitiwan ni Pedro ang pamingwit na hawak niya, na mabilis na lumubog sa ilalim ng dagat. Nagmamadaling lumingon si Pedro at nakita niya ang isang lalaking nakatayo sa kanyang bangka. Tiningnan niya ang lalaki mula ulo hanggang paa: Ang buhok ng lalaki, na hanggang balikat Niya, ay medyo ginintuang dilaw sa liwanag ng araw, kulay-abo ang Kanyang kasuotan, katamtaman ang tangkad, at nakabihis na gaya ng isang lalaking Hudyo mula ulo hanggang paa. Sa dumidilim na paligid, nagmukhang medyo itim ang kulay-abong kasuotan ng lalaki, at tila may bahagyang kintab ang Kanyang mukha. Maraming beses nang sinikap ni Pedro na makilala si Jesus, ngunit hindi siya nagtagumpay kailanman. Noong sandaling iyon, sa kaibuturan ng kanyang kaluluwa, naniwala si Pedro na ang lalaking ito na marahil ang banal na nasa puso niya, kung kaya nagpatirapa siya sa bangkang pangisda at sinabi, “Ikaw nga kaya ang Panginoon na naparito upang ipangaral ang ebanghelyo ng kaharian ng langit? Nabalitaan ko na ang tungkol sa Iyong mga karanasan, ngunit ngayon lang Kita nakita. Noon ko pa gustong sumunod sa Iyo, ngunit hindi Kita matagpuan.” Sa oras na iyon, lumipat na si Jesus sa kamarote ng bangka, kung saan panatag Siyang nakaupo. “Tumayo ka riyan at maupo sa tabi Ko!” wika Niya. “Narito Ako para hanapin yaong mga tunay na nagmamahal sa Akin. Naparito Ako lalo na para ipalaganap ang ebanghelyo ng kaharian ng langit, at maglalakbay Ako sa buong lupain para hanapin yaong mga sumasang-ayon sa Akin. Handa ka ba?” Tumugon si Pedro: “Kailangan kong sundan yaong isinugo ng Ama sa langit. Kailangan kong kilalanin yaong pinili ng Banal na Espiritu. Dahil mahal ko ang

Ama sa langit, paano akong hindi magiging handang sumunod sa Iyo?” Bagama’t puno ng mga relihiyosong kuru-kuro ang mga salita ni Pedro, ngumiti si Jesus at tumango nang may kasiyahan. Noong sandaling iyon, nadama Niyang sumibol ang pagmamahal ng isang ama sa Kanyang kalooban para kay Pedro.

Sinundan ni Pedro si Jesus nang ilang taon at maraming nakita sa Kanya na wala sa ibang tao. Matapos Siyang sundan nang isang taon, pinili ni Jesus si Pedro mula sa labindalawang alagad. (Siyempre, hindi ito sinabi nang malakas ni Jesus, at ni hindi iyon alam ng iba.) Sa buhay, sinukat ni Pedro ang kanyang sarili ayon sa lahat ng ginawa ni Jesus. Higit sa lahat, ang mga mensaheng ipinangaral ni Jesus ay nakaukit sa kanyang puso. Lubos siyang naging dedikado at tapat kay Jesus, at hindi siya kailanman nagsabi ng anumang mga hinaing laban sa Kanya. Dahil doon, naging tapat na kasama siya ni Jesus saanman Siya nagpunta. Inobserbahan ni Pedro ang mga turo ni Jesus, ang mahinahon Niyang mga salita, kung ano ang kinakain Niya, ang Kanyang pananamit, ang Kanyang tirahan, at kung paano Siya maglakbay. Tinularan niya si Jesus sa lahat ng aspeto. Hindi siya kailanman naging mapagmagaling, kundi iwinaksi niya ang lahat ng lipas na, na sinusunod ang halimbawa ni Jesus kapwa sa salita at gawa. Noon nadama ni Pedro na ang kalangitan at lupa at lahat ng bagay ay nasa mga kamay ng Makapangyarihan sa lahat at na, dahil dito, wala siyang pansariling pasiya. Natutuhan din ni Pedro ang lahat ng tungkol kay Jesus at ginamit iyon bilang halimbawa. Ipinapakita ng buhay ni Jesus na hindi Siya mapagmagaling sa Kanyang ginagawa; sa halip na ipagmalaki ang Kanyang sarili, pinukaw Niya ang mga tao sa pamamagitan ng pagmamahal. Ipinakita ng iba’t-ibang bagay kung ano si Jesus, at dahil dito, tinularan ni Pedro ang lahat ng tungkol sa Kanya. Dahil sa kanyang mga karanasan, nagkaroon si Pedro ng nag-iibayong pagkaunawa sa pagiging kaibig-ibig ni Jesus, at nagsabi ng mga bagay na tulad ng, “Hinanap ko ang Makapangyarihan sa lahat sa buong sansinukob, at namalas ko ang mga kababalaghan ng kalangitan at lupa at lahat ng bagay, at sa gayon ay nagkaroon ako ng malalim na pagkaunawa sa pagiging kaibig-ibig ng Makapangyarihan sa lahat. Gayunman, hindi ako nagkaroon kailanman ng tunay na pagmamahal sa aking sariling puso, at hindi pa kailanman nakita ng sarili kong mga mata ang pagiging kaibig-ibig ng Makapangyarihan sa lahat. Ngayon, sa paningin ng Makapangyarihan sa lahat, ako ay kinaluguran Niya, at sa wakas ay nadama ko na ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos. Sa wakas ay natuklasan ko na hindi minamahal ng sangkatauhan ang Diyos dahil lang nilikha Niya ang lahat ng bagay; sa aking pang-araw-araw na buhay, natagpuan ko ang Kanyang walang-hanggang pagiging kaibig-ibig. Paano iyon magiging limitado sa kung ano ang nakikita ngayon?” Sa paglipas ng panahon, marami ring kaibig-ibig na bagay ang nakita kay Pedro. Naging napakamasunurin niya kay Jesus, at siyempre, nagdanas din siya ng ilang problema. Kapag isinasama siya ni Jesus para mangaral sa iba’t-ibang lugar, laging nagpapakumbaba si Pedro at nakikinig sa mga sermon ni Jesus. Hindi siya kailanman naging mapagmataas dahil sa maraming taon ng pagsunod niya kay Jesus. Matapos sabihan ni Jesus na kaya Siya naparito ay upang ipako sa krus

nang sa gayon ay matapos Niya ang Kanyang gawain, madalas makaramdam si Pedro ng pighati sa kanyang puso at lihim na iiyak nang mag-isa. Gayunpaman, dumating na sa wakas ang “malungkot” na araw na iyon. Matapos maaresto si Jesus, mag-isang umiyak si Pedro sa kanyang bangkang pangisda at umusal ng maraming dalangin para rito. Ngunit sa kanyang puso, alam niyang ito ang kalooban ng Diyos Ama, at na walang sinumang makapagpapabago roon. Nanatili siyang malungkot at naluluha dahil lamang sa kanyang pagmamahal. Isa itong kahinaan ng tao, siyempre. Sa gayon, nang malaman niyang ipapako si Jesus sa krus, tinanong niya si Jesus, “Sa Iyong pag-alis, babalik Ka ba sa aming piling at babantayan kami? Makikita Ka pa ba namin?” Bagama’t walang kamuwang-muwang ang mga salitang ito at puno ng mga kuru-kuro ng tao, alam ni Jesus ang pait ng pagdurusa ni Pedro, kaya sa pamamagitan ng Kanyang pagmamahal ay isinaalang-alang Niya ang kahinaan ni Pedro: “Pedro, minahal kita. Alam mo ba iyon? Bagama’t walang katwiran ang iyong sinasabi, nangako ang Ama na pagkatapos ng Aking pagkabuhay na mag-uli, magpapakita ako sa mga tao sa loob ng 40 araw. Hindi ka ba naniniwala na malimit na magkakaloob ng biyaya ang Aking Espiritu sa inyong lahat?” Kahit na bahagyang napayapa nito si Pedro, pakiramdam niya ay may isang bagay pa rin na nawawala, kaya nga, matapos mabuhay na mag-uli, hayagang nagpakita si Jesus sa kanya sa unang pagkakataon. Gayunman, para mapigilan si Pedro na patuloy na kumapit sa kanyang mga kuru-kuro, tinanggihan ni Jesus ang labis-labis na pagkaing inihanda ni Pedro para sa Kanya, at naglaho sa isang kisapmata. Mula sa sandaling iyon, sa wakas ay nagkaroon na si Pedro ng mas malalim na pagkaunawa sa Panginoong Jesus at lalo pa Siyang minahal. Pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, malimit na nagpakita si Jesus kay Pedro. Tatlong beses pa Siyang nagpakita kay Pedro makalipas ang apatnapung araw at umakyat na Siya sa langit. Bawat pagpapakita ay mismong sa sandaling matatapos na ang gawain ng Banal na Espiritu at magsisimula na ang bagong gawain.

Sa buong buhay niya, nabuhay si Pedro sa pangingisda ngunit, higit pa roon, nabuhay siya upang mangaral. Sa kanyang katandaan, isinulat niya ang una at pangalawang sulat ni Pedro, pati na rin ang ilang liham sa iglesia ng Philadelphia noong panahong iyon. Ang mga tao sa panahong ito ay lubhang naantig sa kanya. Sa halip na magsermon sa mga tao gamit ang sarili niyang mga kaalaman, binigyan niya sila ng angkop na panustos sa buhay. Hindi niya kailanman nakalimutan ang mga turo ni Jesus bago Siya lumisan, at naging inspirasyon ang mga iyon sa kanyang buong buhay. Habang sinusundan si Jesus, nagpasiya siyang suklian ang pagmamahal ng Panginoon ng kanyang kamatayan at sundan ang Kanyang halimbawa sa lahat ng bagay. Sumang-ayon dito si Jesus, kaya nang si Pedro ay 53 taong gulang (mahigit 20 taon nang nakaalis si Jesus), nagpakita sa kanya si Jesus para tumulong na matupad ang kanyang pangarap. Sa loob ng pitong taong kasunod noon, ginugol ni Pedro ang kanyang buhay sa pagkilala sa kanyang sarili. Isang araw, sa pagtatapos ng pitong taong ito, ipinako siya sa krus nang pabaliktad, sa gayon ay winawakasan ang kanyang pambihirang buhay.

Kabanata 8

Kapag nagsasalita ang Diyos mula sa pananaw ng Espiritu, ang Kanyang tono ay nakatuon sa buong sangkatauhan. Kapag nangungusap ang Diyos mula sa pananaw ng tao, ang Kanyang tono ay nakatuon sa lahat ng sumusunod sa patnubay ng Kanyang Espiritu. Kapag nangungusap ang Diyos sa ikatlong persona (mula sa tinutukoy ng mga tao na pananaw ng tagamasid), tuwiran Niyang ipinakikita ang Kanyang mga salita sa mga tao, upang makita nila Siya bilang isang komentarista, at sa tingin nila ay lumalabas mula sa Kanyang bibig ang walang-hangganang mga bagay na hindi alam at hindi maarok ng mga tao. Hindi ba ganito nga? Kapag nangungusap ang Diyos mula sa pananaw ng Espiritu, nagugulat ang buong sangkatauhan: “Ang pagmamahal ng mga tao sa Akin ay kakatiting, at ang kanilang pananampalataya sa Akin ay napakaliit. Kung hindi Ko idinirekta ang sidhi ng Aking mga salita sa mga kahinaan ng mga tao, magyayabang sila at magmamalabis, na nangangaral at lumilikha ng magarbong mga teorya, na para bang alam nila ang lahat at napakarunong nila patungkol sa mga bagay sa lupa.” Hindi lamang inihahayag ng mga salitang ito ang tunay na pagkatao ng sangkatauhan at ang posisyon ng Diyos sa puso ng mga tao, kundi inilalantad din ng mga iyon ang buong buhay ng sangkatauhan. Naniniwala ang bawat tao na higit pa sila sa karaniwan subalit ni hindi nila alam na may salitang “Diyos.” Samakatuwid, sila ay nangangahas na lumikha ng magarbong mga teorya. Gayunman, itong “paglikha ng magarbong mga teorya” ay hindi “pagsasalita” ayon sa pagkaunawa rito ng mga tao. Sa halip, nangangahulugan ito na nagawa nang tiwali ni Satanas ang mga tao. Lahat ng kanilang ginagawa, lahat ng ikinikilos nila ay salungat sa Diyos at tuwirang kumakalaban sa Kanya, at ang diwa ng kanilang mga kilos ay nagmumula kay Satanas at laban sa Diyos, at nilayon upang magkamit ng kalayaan, na kontra sa kalooban ng Diyos. Kaya nga sinasabi ng Diyos na lahat ng tao ay lumilikha ng magarbong mga teorya. Bakit sinasabi ng Diyos na nakatuon ang sidhi ng Kanyang mga salita sa mga kahinaan ng tao? Dahil, alinsunod sa layon ng Diyos, kung hindi Niya inihayag ang mga bagay na nakatago sa kailaliman ng puso ng mga tao, walang sinumang magpapasakop; sa gayon, hindi mauunawaan ng mga tao ang kanilang sarili, at hindi nila pagpipitaganan ang Diyos. Sa madaling salita, kung hindi inilantad ang mga layon ng mga tao, mangangahas silang gumawa ng anuman—marahil ay tuwiran pang magbato ng mga sumpa sa Langit o sa Diyos. Mga kahinaan ito ng tao. Samakatuwid, ganito ang sinasabi ng Diyos: “Naglilibot Ako sa lahat ng sulok ng mundo ng sansinukob sa walang-katapusang paghahanap sa mga yaon na nakaayon sa Aking layon at akma na kasangkapanin Ko.” Ang pahayag na ito, kasabay ng sinabi kalaunan tungkol sa pagsaludo ng kaharian na pormal na umaalingawngaw, ay malinaw na ipinapakita na ang Espiritu ng Diyos ay abala sa bagong gawain sa lupa; kaya lamang ay hindi ito nakikita ng pisikal na mga mata ng mga tao. Dahil sinasabi na ang Espiritu ay nasa lupa at gumagawa ng bagong gawain, sumasailalim din ang buong mundo ng sansinukob sa napakahalagang pagbabago: Hindi lamang nagsisimula ang mga anak

ng Diyos at ang mga tao ng Diyos na tanggapin ang patotoo tungkol sa pagkakatawang-tao ng Diyos, kundi higit pa rito, tinatanggap din ito ng bawat relihiyon at denominasyon, bawat klase ng pamumuhay at lugar sa iba-ibang antas. Isa itong malaking pagkilos ng mundo ng sansinukob sa espirituwal na dako. Niyayanig nito ang buong relihiyosong mundo hanggang sa pusod nito, na siyang tinutukoy ng binanggit kanina na “lindol.” Sumunod, pormal na sinisimulan ng mga anghel ang kanilang gawain at bumabalik ang mga tao ng Israel sa kanilang tahanan, hindi na muling gagala kailanman, at nagsisimulang tanggapin ng lahat ng kabilang na maakay. Sa kabilang dako, nagsisimulang kumalas ang mga taga-Ehipto mula sa saklaw ng Aking pagliligtas; ibig sabihin, tumatanggap sila ng Aking pagkastigo (ngunit hindi pa iyan pormal na nagsisimula). Kaya, kapag ang mundo ay sabay-sabay na sumailalim sa ilang malalaking pagbabago, iyon din ang panahon na pormal na umaalingawngaw ang pagsaludo ng kaharian, isang panahon na tinawag ng mga tao na “ang panahon kung kailan nagsisimulang gumawa ang Espiritung pitong beses na pinaigting.” Tuwing ginagawa ng Diyos ang gawaing pagbawi, sa mga yugtong ito (o sa mga panahong ito ng pagbabago), walang sinumang nakararamdam sa gawain ng Banal na Espiritu. Samakatuwid, ang mga salita ng Diyos na, “kapag nawawalan ng pag-asa ang mga tao” ay totoo. Bukod pa ryan, sa bawat isa sa mga yugtong ito ng pagbabago, kapag nawawalan ng pag-asa ang sangkatauhan, o kapag nadarama nila na maling daloy ito, nagsisimulang muli ang Diyos at isinasagawa Niya ang susunod na hakbang ng Kanyang gawain. Mula sa panahon ng paglikha hanggang ngayon, nabawi ng Diyos ang Kanyang gawain at nabago ang mga pamamaraan ng Kanyang gawain sa gayong paraan. Bagama’t karamihan sa mga tao, sa iba-ibang antas, ay naiintindihan ang ilang aspeto ng gawaing ito, sa huli ay natatangay pa rin sila ng malakas na agos ng tubig, sapagkat napakaliit ng kanilang tayog; hindi nila maintindihan ang mga hakbang ng gawain ng Diyos, kaya nga sila ay inaalís. Gayunman, ganito rin ang paraan ng Diyos sa pagdadalisay sa mga tao, at ito ang paghatol ng Diyos sa mga lumang kuru-kuro ng sangkatauhan. Kapag mas matatag ang pundasyon ng mga tao, mas matindi ang kanilang mga relihiyosong kuru-kuro tungkol sa Diyos, na nahihirapan silang isantabi; lagi silang nakakapit sa mga lumang bagay, at mahirap para sa kanila ang tumanggap ng bagong liwanag. Sa kabilang banda, kung nakatayo ang isa, kailangang magkaroon ng ilang pundasyon ang isang tao na masasandigan, subalit karamihan sa mga tao ay nahihirapang pawalan ang kanilang mga kuru-kuro. Totoo ito lalo na sa kanilang mga kuru-kuro tungkol sa Diyos na nagkatawang-tao ng ngayon, isang puntong malinaw na nakikita.

Sa mga salita ngayon, maraming sinabi ang Diyos tungkol sa mga pangitain, at hindi na kailangang liwanaging mabuti. Binabanggit ng Diyos una sa lahat kung paano inilalatag ng pagtatayo ng iglesia ang pundasyon para sa pagtatayo ng kaharian. Mas partikular pa, samantalang itinatayo ang iglesia, ang pangunahing layunin ay kumbinsihin ang mga tao kapwa sa puso at sa salita, kahit hindi pa nila nakikilala ang Diyos na nagkatawang-tao gamit ang sarili nilang mga mata. Kahit may pananampalataya sila sa

kanilang puso, hindi nila kilala ang Diyos na nagkatawang-tao, dahil sa yugtong iyon ay hindi Siya naiiba sa tao. Sa Kapanahunan ng Kaharian, kailangang ipakita ng lahat ang kanilang matibay na paniniwala sa kanilang puso, kanilang pananalita, at kanilang mga mata. Sapat na ito para ipakita na para maipakita ng lahat ang matibay na paniniwala sa kanilang puso, kanilang pananalita, at kanilang mga mata, kailangan silang tulutang makilala ang Diyos na nabubuhay sa katawang-tao gamit ang kanilang pisikal na mga mata—nang hindi napipilitan, ni hindi sa mababaw na paniniwala, kundi nang may kaalaman na nagmumula sa matibay na paniniwala sa kanilang puso at bibig. Samakatuwid, sa yugtong ito ng pagtatayo, walang awayan o patayan. Sa halip, maaakay ang mga tao sa kaliwanagan sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos, at sa pamamagitan nito ay maaari silang magsikap at magsaliksik, upang makilala nila nang di-namamalayan ang Diyos na nagkatawang-tao. Samakatuwid, para sa Diyos, ang yugtong ito ng gawain ay mas madali, dahil hinahayaan nitong kusang mangyari ang mga bagay-bagay at hindi pasalungat sa sangkatauhan. Sa huli, aakayin nito ang mga tao na likas na makaalam tungkol sa Diyos, kaya huwag mag-alala o mabalisa. Nang sabihin ng Diyos, “Ang kalagayan ng digmaan sa espirituwal na dako ay ginagawang malinaw nang tuwiran sa lahat ng Aking tao,” ang ibig Niyang sabihin ay kapag pumasok ang mga tao sa tamang landas at nagsimulang makilala ang Diyos, hindi lamang tinutukso ni Satanas ang kalooban ng bawat tao, kundi maaari din silang matukso ni Satanas sa iglesia mismo. Gayunman, ito ang landas na kailangang tahakin ng lahat, kaya hindi kailangang mangamba ang sinuman. Maaaring dumating ang panunukso ni Satanas sa iba-ibang anyo. Maaaring kaligtaan o talikuran ng isang tao ang sinasabi ng Diyos, at maaari siyang magsalita ng mga negatibong bagay para pawiin ang pagiging positibo ng ibang mga tao; gayunman, karaniwan ay hindi nakukumbinsi ng taong iyon ang ibang mga tao na pumanig sa kanila. Mahirap itong mahiwatigan. Ang pangunahing dahilan nito ay: Maaaring aktibo pa ring dumadalo sa mga pagtitipon ang taong iyon, ngunit hindi malinaw sa kanya ang mga pangitain. Kung hindi mag-iingat ang iglesia laban sa kanila, maaaring matangay ng kanilang pagkanegatibo ang buong iglesia para manlamig sila sa Diyos, at sa gayon ay hindi nila bigyang-pansin ang mga salita ng Diyos—at mangangahulugan ito na tuluyan silang mahuhulog sa tukso ni Satanas. Maaaring hindi tuwirang maghimagsik ang taong iyon laban sa Diyos, ngunit dahil hindi niya maarok ang mga salita ng Diyos at hindi kilala ang Diyos, maaari pa siyang magreklamo o magkaroon ng sama ng loob. Maaari niyang sabihin na tinalikuran na siya ng Diyos at sa gayon ay wala siyang kakayahang tumanggap ng kaliwanagan at pagtanglaw. Maaari niyang naising umalis, ngunit medyo takot siya, at maaari niyang sabihin na hindi nagmumula sa Diyos ang gawain ng Diyos kundi sa halip ay gawain iyon ng masasamang espiritu.

Bakit napakadalas banggitin ng Diyos si Pedro? At bakit Niya sinasabi na kahit si Job ay malayong makapantay sa kanya? Sa pagsasabi ng gayon, hindi lamang bibigyang-pansin ng mga tao ang mga gawa ni Pedro, kundi isasantabi rin nila ang lahat

ng halimbawang nasa kanilang puso, dahil maging ang halimbawa ni Job—na may pinakamalaking pananampalataya—ay hindi maaari. Sa ganitong paraan lamang maaaring magkamit ng mas magandang resulta, kung saan nagagawang isantabi ng mga tao ang lahat sa pagsisikap na gayahin si Pedro, at, sa paggawa nito, mapapalapit sila nang isang hakbang sa kanilang kaalaman tungkol sa Diyos. Ipinapakita ng Diyos sa mga tao ang landas ng pagsasagawang tinahak ni Pedro para makilala ang Diyos, at ang layuning gawin iyon ay para bigyan ng batayan ang mga tao. Pagkatapos ay nagpapatuloy ang Diyos na hulaan ang isa sa mga paraan na tutuksuhin ni Satanas ang mga tao nang sabihin Niyang, “Gayunman, kung nanlalamig ka at wala kang pakialam sa Aking mga salita, walang dudang kontra ka sa Akin. Ito ay totoo.” Sa mga salitang ito, hinuhulaan ng Diyos ang mga tusong pakanang susubuking gamitin ni Satanas; babala ang mga ito. Hindi posibleng mawalan ng pakialam ang lahat sa mga salita ng Diyos, subalit magkagayunman, may ilang taong mabibihag ng tuksong ito. Samakatuwid, sa huli, muling binibigyang-diin ng Diyos, “Kung hindi ninyo alam ang Aking mga salita, ni hindi ninyo tinatanggap ang mga ito, ni hindi ninyo isinasagawa ang mga ito, siguradong magiging mga pakay kayo ng Aking pagkastigo! Siguradong magiging mga biktima kayo ni Satanas!” Ito ang payo ng Diyos sa sangkatauhan—subalit sa huli, tulad ng hula ng Diyos, hindi maiiwasang maging biktima ni Satanas ang isang bahagi ng mga tao.

Kabanata 9

Sa imahinasyon ng mga tao, ang Diyos ay Diyos, at ang mga tao ay mga tao. Hindi nagsasalita ang Diyos ng wika ng tao, ni hindi kaya ng mga tao na magsalita ng wika ng Diyos. Para sa Diyos, madaling gawin ang mga hinihiling ng sangkatauhan sa Kanya—nang paisa-isa—samantalang ang mga hinihiling ng Diyos sa sangkatauhan ay mahirap gawin at mahirap isipin para sa mga tao. Gayunman, kabaligtaran nito mismo ang katotohanan: Hinihiling lamang ng Diyos ang “0.1 porsiyento” sa mga tao. Hindi lamang ito nakakagulat sa mga tao, kundi labis din itong nagpapalito sa kanila, na para bang lahat sila ay nasa dagat. Dahil lamang sa kaliwanagan at biyaya ng Diyos kaya nagtatamo ang mga tao ng kaunting kaalaman tungkol sa kalooban ng Diyos. Gayunman, noong Marso 1, lahat ng tao ay minsan pang nalilito at nagkakamot ng kanilang ulo; hiniling ng Diyos na maging makislap na niyebe ang Kanyang mga tao, hindi nakalutang na mga ulap. Kaya, ano ang tinutukoy nitong “niyebe”? At ano ang ipinahihiwatig ng “nakalutang na mga ulap”? Sa puntong ito, sadyang walang inihahayag ang Diyos tungkol sa mas malalim na kahulugan ng mga salitang ito. Isinasadlak nito ang mga tao sa kalituhan, at sa gayon ay pinag-iibayo ang kanilang pananampalataya habang naghahangad sila ng kaalaman—sapagkat ito ay isang partikular na hiling sa mga tao ng Diyos, at wala nang iba; samakatuwid ay nasusumpungan ng lahat ng tao ang kanilang sarili na gumugugol ng mas maraming panahon nang hindi sinasadya sa

pagninilay sa mga salitang ito na hindi maarok. Dahil dito, sari-saring mga ideya ang umuusbong sa kanilang utak, kumikislap sa harap ng kanilang mga mata ang nakalutang na mga piraso ng niyebe, at agad na lumilitaw sa kanilang isipan ang nakalutang na mga ulap sa himpapawid. Bakit hinihiling ng Diyos na maging tulad ng niyebe ang Kanyang mga tao, at hindi tulad ng nakalutang na mga ulap? Ano ang tunay na kahulugan dito? Saan ba talaga partikular na nakatukoy ang mga salitang ito? Ang “niyebe” ay hindi lamang pinagaganda ang kalikasan, kundi nakakabuti rin sa bukirin; nakakabuti ito sa pagpatay ng mga mikrobyo. Pagkatapos ng isang malakas na pag-ulan ng niyebe, lahat ng mikrobyo ay natatakpan ng kumikislap na niyebe, at nag-uumapaw kaagad ang sigla sa buong lugar. Gayundin, hindi lamang kailangang makilala ng mga tao ng Diyos ang Diyos na nagkatawang-tao, kundi disiplinahin din ang kanilang sarili sa katunayan ng pagkakatawang-tao ng Diyos; sa paggawa nito, isasabuhay nila ang normal na pagkatao. Ganito pinagaganda ng niyebe ang tanawin; sa huli, ang paggulang ng mga tao ng Diyos ang maghahatid ng katapusan sa malaking pulang dragon, magtatatag ng kaharian ng Diyos sa lupa, magpapalaganap at luluwalhati sa banal na pangalan ng Diyos, upang ang buong kaharian sa lupa ay mapuno ng katuwiran ng Diyos, sumisikat sa Kanyang kaningningan, at kumikislap sa Kanyang kaluwalhatian. Sa lahat ng dako ay magkakaroon ng mga tagpo ng kapayapaan at katiwasayan, kaligayahan at katuparan, at patuloy na pinanibagong kagandahan. Ang sari-saring mga salot na kasalukuyang umiiral—ang tiwali at napakasamang mga disposisyon, tulad ng kawalan ng katuwiran, kabuktutan at panlilinlang, masasamang pagnanasa, at iba pa—ay aalising lahat, at sa gayon ay mapapanibago kapwa ang langit at ang lupa. Ito ang tunay na kahulugan ng “pagkatapos ng isang malakas na pag-ulan ng niyebe.” Yaong mga nakalutang na ulap ay katulad ng uri ng mga tao na sumusunod sa kawan na binanggit ng Diyos; kung may anumang mga tukso mula kay Satanas o mga pagsubok mula sa Diyos, agad silang tatangayin palayo, upang hindi na umiral pa. Kahit ang anumang diwa nila ay hindi makaliligtas, dahil matagal nang naglaho. Kung ang mga tao ay tulad ng nakalutang na mga ulap, hindi lamang sila walang kakayahang isabuhay ang larawan ng Diyos, kundi nagdadala rin ng kahihyan sa Kanyang pangalan, sapagkat ang gayong mga tao ay nanganganib na maagaw anumang oras o saanman; sila ang pagkaing nilalamon ni Satanas—at kapag binibihag sila ni Satanas, ipagkakanulo nila ang Diyos at paglilingkuran si Satanas. Malinaw na nagdadala ito ng kahihyan sa pangalan ng Diyos, at ito ang pinaka-ayaw ng Diyos sa lahat; ang gayong mga tao ay mga kaaway ng Diyos. Sa gayon, kapwa sila walang kakanyahan ng normal na mga tao at walang anumang praktikal na halaga. Dahil dito kaya hinihiling ng Diyos sa Kanyang mga tao ang gayong mga kinakailangan. Gayunman, pagkatapos maunawaan nang kaunti ang mga salitang ito, nalilito ang mga tao kung ano ang susunod na gagawin, sapagkat ang paksa ng mga salita ng Diyos ay bumaling na sa Diyos Mismo, na naglalagay sa kanila sa isang mahirap na kalagayan: “Dahil Ako ay nagmula sa banal na lupain, hindi Ako katulad ng lotus, na may pangalan lamang at walang kakanyahan, sapagkat nagmumula iyon sa

putikan at hindi sa banal na lupain.” Pagkatapos magsalita tungkol sa mga kinakailangan Niya sa Kanyang mga tao, bakit inilalarawan ng Diyos ang Kanyang sariling pagsilang? Maaari kayang may koneksyon sa pagitan ng dalawa? Tunay ngang may likas na koneksyon sa pagitan ng mga iyon; kung wala, hindi iyon sasabihin ng Diyos sa mga tao. Sa gitna ng mga luntiang dahon, ang lotus ay umiindayog sa banayad na ihip ng hangin. Nakasisiya ito sa paningin, at lubhang pinahahalagahan. Hindi talaga nagsasawa rito ang mga tao, at gustung-gusto nilang lumusong sa tubig para mamitas ng bulaklak ng lotus at makita ito nang malapitan. Gayunman, sinasabi ng Diyos na ang lotus ay mula sa putikan, at may pangalan lamang ngunit walang kakanyahan; mukhang walang halaga sa Diyos ang mga lotus, at nililiwanag ng Kanyang mga salita na may kaunti Siyang pagkamuhi sa mga iyon. Sa nagdaang mga panahon, labis-labis ang papuri ng marami sa mga lotus dahil lumilitaw ang mga ito na walang bahid ng dumi, at tila ipinahihiwatig pa na ang mga lotus ay walang katulad at hindi mailarawan ang pagiging kamangha-mangha. Kaya lamang, sa mga mata ng Diyos, walang halaga ang mga lotus—na siya mismong pagkakaiba sa pagitan ng Diyos at ng mga tao. Sa gayon ay makikita na ang pagkakaiba sa pagitan ng Diyos at ng mga tao ay sinlawak ng pagitan ng silid-imbakan ng langit at ng pinakapundasyon ng lupa. Dahil ang lotus ay mula sa putikan, lahat ng sustansyang kinakailangan nito ay nagmumula rin doon. Nagagawa lamang ng lotus na magbalatkayo, at sa gayon ay nakalulugod itong tingnan. Ang nakikita lamang ng maraming tao ay ang magandang panlabas ng lotus, ngunit wala ni isang nakakakita na ang buhay na nakatago sa loob ay basura at marumi. Sa gayon, sinasabi ng Diyos na mayroon lamang itong pangalan at walang kakanyahan—na ganap na wasto at totoo. Hindi ba ganito mismo ang mga tao ng Diyos ngayon? Paimbabaw lamang ang kanilang pagpapasakop at pagsampalataya sa Diyos. Sa harap ng Diyos, sipsip sila at ipinaparada nila ang kanilang sarili para malugod ang Diyos sa kanila; gayunman, sa kanilang kalooban, punung-puno sila ng tiwali at napakasamang disposisyon, at ang kanilang tiyan ay puno ng karumihan. Kaya nga nagtatanong ang Diyos sa mga tao, na inaalam kung ang kanilang katapatan sa Diyos ay nababahiran ng mga karumihan o kung ito ay dalisay at buong-puso. Noong sila ay mga tagasilbi, maraming taong pumuri sa Diyos sa kanilang bibig ngunit isinumpa Siya sa kanilang puso. Sa kanilang mga salita, nagpasakop sila sa Diyos, ngunit sa kanilang puso, sinuway Siya nila. Ang kanilang bibig ay bumigkas ng mga negatibong salita, at sa kanilang puso, kinalaban nila ang Diyos. Mayroon pa ngang mga tao na magkakatugma ang mga kilos: Naglabas sila ng mga kalaswaan gamit ang kanilang bibig at kumumpas gamit ang kanilang mga kamay, talagang bastos, at nagpapakita ng malinaw at parang-buhay na pagpapahayag ng totoong mukha ng malaking pulang dragon. Talagang nararapat silang tawaging supling ng malaking pulang dragon. Gayunman, ngayon ay nakatayo sila sa lugar ng tapat na mga tagasilbi at kumikilos na parang sila ay tapat na mga tao ng Diyos—napakawalang-hiya! Hindi kataka-taka; nagmula sila sa putikan, kaya wala silang magawa kundi ipakita ang tunay na kulay nila. Dahil ang Diyos ay banal

at dalisay, at tunay at aktuwal, ang Kanyang katawang-tao ay nagmumula sa Espiritu. Ito ay tiyak at walang alinlangan. Hindi lamang nakakayang magpatotoo para sa Diyos Mismo, kundi nakakaya ring ganap na ilaan ang Kanyang Sarili sa paggawa ng kalooban ng Diyos: kumakatawan ang mga ito sa isang panig ng kakanyahan ng Diyos. Ang kahulugan ng nagmumula ang katawang-tao sa Espiritu na may larawan ay na ang katawang-tao na isinusuot ng Espiritu sa Kanyang Sarili ay malaki ang pagkakaiba sa laman ng mga tao, at ang pagkakaibang ito una sa lahat ay nasa kanilang espiritu. Ang tinutukoy na “Espiritung may larawan,” dahil natatakpan ng normal na pagkatao, ay kung paano nakakayang gumawa ng pagka-Diyos nang normal mula sa loob. Hindi ito higit-sa-karaniwan ni katiting, at hindi nililimitahan ng pagkatao. Ang “larawan ng Espiritu” ay tumutukoy sa ganap na pagka-Diyos, at hindi nililimitahan ng pagkatao. Dahil diyan, ang likas na disposisyon at totoong larawan ng Diyos ay maaaring ganap na isabuhay sa nagkatawang-taong laman, na hindi lamang normal at matatag, kundi may kamahalan at poot. Ang unang nagkatawang-taong laman ay maaari lamang ipakita ang Diyos na nakalarawan sa isipan ng mga tao; ibig sabihin, nagsagawa lamang Siya ng mga tanda at kababalaghan at bumanggit ng mga propesiya. Sa gayon, hindi Niya ganap na isinabuhay ang realidad ng Diyos, kaya nga hindi Siya ang pagsasakatawan ng Espiritung may larawan; Siya ay tuwiran lamang na pagpapakita ng pagka-Diyos. Bukod pa ryan, dahil hinigitan Niya ang normal na pagkatao, hindi Siya tinawag na ganap na praktikal na Diyos Mismo, kundi may kaunti ng malabong Diyos sa langit sa Kanya; Siya ang Diyos ayon sa mga kuru-kuro ng mga tao. Ito ang malaking pagkakaiba sa pagitan ng dalawang nagkatawang-taong laman.

Mula sa pinakamataas na punto sa sansinukob, binabantayan ng Diyos ang bawat galaw ng sangkatauhan at lahat ng sinasabi at ginagawa ng mga tao. Minamasdan Niya maging ang lahat ng pinakamalalalim nilang saloobin nang may lubos na kalinawan, na walang pinalalampas; sa gayon, ang Kanyang mga salita ay humihiwa sa puso ng mga tao, tumatama sa kanilang bawat iniisip, at matalas at walang mali ang mga salita ng Diyos. “Bagama’t ‘kilala’ ng mga tao ang Aking Espiritu, nagkakasala pa rin sila sa Aking Espiritu. Inilalantad ng Aking mga salita ang mga pangit na mukha ng lahat ng tao, gayundin ang pinakamalalalim nilang saloobin, at ibinubuwal ang lahat ng nasa lupa sa gitna ng Aking pagsisiyasat.” Mula rito malinaw na bagama’t hindi mahirap gawin ang mga kinakailangan ng Diyos sa sangkatauhan, hindi pa rin nakakaya ng mga tao na tiisin ang pagsisiyasat ng Espiritu ng Diyos. “Gayunman, sa kabila ng pagkabuwal, hindi nangangahas ang kanilang puso na lumayo sa Akin. Sa mga nilikha, sino ang hindi natututong magmahal sa Akin dahil sa Aking mga gawa?” Lalo pa itong nagpapahiwatig ng ganap na karunungan at pagiging makapangyarihan ng Diyos, at sa gayon ay nahahayag ang lahat ng inisip ng mga tao ng Diyos noong sila ay nasa katayuan ng mga tagasilbi: Pagkatapos ng isang “pangangalakal” na nagwakas sa kabiguan, ang “daan-daang libo” o “milyun-milyon” sa kanilang ulo ay nauwi sa wala. Gayunman, dahil sa mga atas administratibo ng Diyos at dahil sa kamahalan at poot ng Diyos—bagama’t

nakayuko ang kanilang ulo sa kalungkutan—naglingkod pa rin sila sa Diyos na may negatibong pag-iisip, at lahat ng pagsasagawa nila noong araw ay naging hungkag na pananalita lamang at lubos nang nalimutan. Sa halip, para patuloy nilang mapasaya ang kanilang sarili, para magpalipas o magsayang ng oras, ginawa nila ang mga bagay ayon sa gusto nila na nagpasaya sa kanila at sa lahat ng iba pa. ... Ito talaga ang nangyayari sa mga tao. Sa gayon, nagtatapat ang Diyos sa tao at sinasabing, “Sino ang hindi nasasabik sa Akin dahil sa Aking mga salita? Kaninong damdamin ang hindi napapalapit dahil sa Aking pagmamahal?” Ang totoo, ang mga tao ay handang tumanggap ng mga salita ng Diyos, at walang isa man sa kanila na ayaw magbasa ng mga salita ng Diyos; kaya lamang ay hindi nila kayang isagawa ang mga salita ng Diyos, sapagkat nahahadlangan sila ng kanilang likas na pagkatao. Matapos basahin ang mga salita ng Diyos, maraming taong hindi makatiis na mawalay sa mga ito, at umaapaw ang pagmamahal nila sa Diyos sa kanilang kalooban. Sa gayon, minsan pang isinusumpa ng Diyos si Satanas, minsan pang inilalantad ang pangit na mukha nito. “Ang panahong ito kung kailan nagwawala si Satanas at mapaniil na parang baliw” ang siya rin mismong kapanahunan na sinisimulan ng Diyos ang Kanyang opisyal na dakilang gawain sa lupa. Sumunod, sinisimulan Niya ang gawain ng pagwasak sa mundo. Sa madaling salita, habang lalong nagwawala si Satanas, lalong napapalapit ang pagdating ng araw ng Diyos. Sa gayon, habang lalong nagsasalita ang Diyos tungkol sa kalabisan ni Satanas, lalong napapalapit ang araw kung kailan wawasakin ng Diyos ang mundo. Ganyan ang pahayag ng Diyos kay Satanas.

Bakit paulit-ulit na sinabi ng Diyos “... bukod pa ryan, kapag nakatalikod Ako, nakikibahagi sila roon sa mga ‘kapansin-pansin’ na maruruming pakikitungo. Sa tingin mo ba ang katawang-tao, na isinusuot Ko Mismo, ay walang alam sa iyong mga kilos, iyong asal, at iyong mga salita?” Hindi lamang Niya sinambit ang gayong mga salita nang isa o dalawang beses. Bakit kaya? Kapag naaliw ng Diyos ang mga tao, at nabatid nila ang kalungkutan ng Diyos para sa sangkatauhan, nagiging madali sa kanila na kalimutan ang nakaraan habang nagsusumikap silang sumulong. Magkagayunman, kahit katiting ay hindi maluwag ang Diyos sa mga tao: Patuloy Niyang pinupuntirya ang kanilang mga iniisip. Sa gayon, paulit-ulit Niyang sinasabi sa mga tao na kilalanin ang kanilang sarili, itigil ang kanilang kalaswaan, huwag nang makisangkot sa kapansin-pansin na maruruming pakikitungo, at huwag nang linlanging muli ang Diyos sa katawang-tao kailanman. Bagama’t hindi nagbabago ang likas na pagkatao ng mga tao, may pakinabang sa pagpapaalala sa kanila nang ilang ulit. Pagkatapos nito, nagsasalita ang Diyos mula sa pananaw ng tao upang ihayag ang mga hiwaga sa kanilang puso: “Natiis Ko na nang maraming taon ang hangin at ulan, at naranasan Ko na rin ang kapaitan ng mundo ng tao; gayunman, sa masusing pagbubulay-bulay, gaano mang pagdurusa ang danasin ay hindi mawawalan ng pag-asa sa Akin ang sangkatauhang may laman, lalong hindi maaaring manlamig, manlumo, o magbalewala sa Akin ang mga tao sanhi ng anumang katamisan. Limitado ba talaga ang pagmamahal nila sa Akin

sa kawalan ng pagdurusa o kawalan ng katamisan?” “Lahat sa ilalim ng araw ay hungkag”—ang mga salitang ito ay talagang may nakapaloob na kahulugan. Sa gayon, sinasabi ng Diyos na walang makapag-aalis ng pag-asa ng tao sa Kanya o manlalamig sa Kanya. Kung hindi mahal ng mga tao ang Diyos, mabuti pang mamatay sila; kung hindi nila mahal ang Diyos, ang kanilang pagdurusa ay walang kabuluhan, at ang kaligayahang tinatamasa nila ay hungkag, at idinaragdag sa kanilang mga kasalanan. Dahil wala ni isang tao ang tunay na nagmamahal sa Diyos, sinasabi Niya, “Limitado ba talaga ang pagmamahal nila sa Akin sa kawalan ng pagdurusa o kawalan ng katamisan?” Sa mundo ng sangkatauhan, paano makakairal ang sinuman nang walang pagdurusa o katamisan? Paulit-ulit, sinasabi ng Diyos, “Wala ni isang tao ang tunay na nakakita sa Aking mukha o tunay na nakarinig sa Aking tinig kailanman, sapagkat hindi Ako tunay na kilala ng mga tao.” Sabi ng Diyos, hindi Siya talaga kilala ng mga tao, ngunit bakit Niya hinihiling sa mga tao na kilalanin Siya? Hindi ba magkasalungat ito? Bawat isa sa mga salita ng Diyos ay may tiyak na layunin. Dahil naging manhid na ang mga tao, ginagamit ng Diyos ang prinsipyo na paggawa ng 100% ng Kanyang gawain sa pamamagitan ng mga tao upang sa huli ay maangkin ang 0.1 porsiyento ng puso ng bawat isa sa kanila. Ganyan ang pamamaraan kung paano gumagawa ang Diyos, at kailangang kumilos ang Diyos nang gayon upang makamtan ang Kanyang mga layunin. Ito rin mismo ang karunungan sa mga salita ng Diyos. Naintindihan na ba ninyo ito?

Sabi ng Diyos: “Kapag tuwiran Kong inihahayag ang Aking mga hiwaga at pinalililaw ang Aking kalooban sa katawang-tao, hindi ninyo ito pinapansin; nakikinig kayo sa mga tunog, ngunit hindi ninyo nauunawaan ang kahulugan ng mga ito. Dinaraig Ako ng kalungkutan. Bagama’t Ako ay nasa katawang-tao, hindi Ko magawa ang gawain ng ministeryo ng katawang-tao.” Sa isang banda, ang mga salitang ito ay nagtutulak sa mga tao, dahil sa kanilang pagkamanhid, na kusang makipagtulungan sa Diyos; sa kabilang banda, inihahayag ng Diyos ang tunay na mukha ng Kanyang pagka-Diyos sa nagkatawang-taong laman. Dahil napakaliit ng tayog ng mga tao, ang paghahayag ng pagka-Diyos sa panahon na nasa katawang-tao ang Diyos ay alinsunod lamang sa kanilang kakayahang tanggapin ito. Sa hakbang na ito ng gawain, karamihan sa mga tao ay nananatiling walang kakayahang lubos na tanggapin ito, na sapat na upang ipakita kung gaano kahina ang kanilang kakayahang tumanggap. Sa gayon, sa panahon ng gawaing ito, hindi ginagampanan ng pagka-Diyos ang lahat ng orihinal na tungkulin nito; ginagampanan lamang nito ang maliit na bahagi nito. Ipinakikita nito na sa gawain sa hinaharap, unti-unting mahahayag ang pagka-Diyos ayon sa kalagayan ng pagbawi sa sangkatauhan. Gayunman, ang pagka-Diyos ay hindi lumalago nang paunti-unti; sa halip, iyon ang taglay na kakanyahan ng Diyos na nagkatawang-tao, at hindi katulad ng tayog ng mga tao.

May isang layunin at kahulugan sa paglikha ng Diyos sa mga tao, kaya nga sinabi Niya, “Kung winasak ng Aking poot ang buong sangkatauhan, ano ang magiging kabuluhan

ng Aking paglikha ng kalangitan at lupa?” Pagkatapos magawang tiwali ang tao, plano ng Diyos na maangkin ang isang bahagi nila para sa Kanyang kasiyahan; hindi Niya layon na puksain ang lahat ng tao, ni hindi sila lilipulin sa pinakamaliit na paglabag sa mga atas administratibo ng Diyos. Hindi iyon ang kalooban ng Diyos; tulad ng sinabi ng Diyos, mawawalan ng kabuluhan iyon. Ito ay dahil mismo rito sa “kawalang-kabuluhan” kaya ginawang malinaw ang karunungan ng Diyos. Hindi ba mayroon pang mas malaking kabuluhan sa pagsasalita at paggawa ng Diyos sa maraming kaparaanan upang kastiguhin, hatulan, at hagupitin ang lahat ng tao, at sa huli ay piliin lamang yaong mga tunay na nagmamahal sa Kanya? Sa paraang ito mismo nahahayag ang mga gawa ng Diyos, kaya nga ang paglikha sa mga tao ay nagiging mas makahulugan pa. Sa gayon, karamihan sa mga salita ng Diyos ay nilalagpasan lamang sila; ito ay upang makamit ang isang layunin, at ito mismo ang realidad ng isang bahagi ng Kanyang mga salita.

Karagdagan

Kabanata 1

Ang hinihiling Kong gawin ninyo ay hindi ang malabo at hungkag na teorya na Aking binabanggit, ni ang hindi mailarawan ng utak ng tao o hindi makamtan ng laman ng tao. Sino ang may kakayahang ganap na maging matapat sa loob ng Aking sambahayan? At sino ang kayang mag-alay ng kanilang lahat-lahat sa loob ng Aking kaharian? Kung hindi sa paghahayag ng Aking kalooban, talaga kayang uutusan ninyo ang inyong sarili na palugurin ang Aking puso? Wala pang sinumang nakaunawa sa Aking puso kailanman, at wala pang sinumang nakahiwatig sa Aking kalooban. Sino na ang nakakita sa Aking mukha o nakarinig sa Aking tinig? Si Pedro ba? O si Pablo? O si Juan? O si Santiago? Sino na ang nabihisan Ko, o naangkin Ko, o nakasangkapan Ko? Bagama’t nangyari ang unang pagkakataon na Ako ay naging tao ayon sa pagka-Diyos, hindi alam ng katawang-taong ibinihis Ko sa Aking Sarili ang mga pagdurusa ng tao, dahil hindi Ako nagkatawang-tao sa isang anyo, kaya nga hindi masasabi na lubos na ginawa ng katawang-tao ang Aking kalooban. Kapag kayang gumawa ng Aking pagka-Diyos na tulad ng paggawa Ko at magsalita na tulad ng pagsasalita Ko sa isang personang may normal na pagkatao, nang walang hadlang o sagabal, saka lamang masasabi na ang Aking kalooban ay ginagawa sa katawang-tao. Dahil kayang takpan ng Aking normal na pagkatao ang Aking pagka-Diyos, sa gayon ay nakakamit ang Aking layunin na maging mapagkumbaba at tago. Sa panahon ng yugto ng gawain sa katawang-tao, bagama’t ang pagka-Diyos ay kumikilos nang tuwiran, hindi madaling makita ng mga tao ang gayong mga kilos, na dahil lamang sa buhay at mga kilos ng normal na pagkatao. Ang pagkakatawang-taong ito ay hindi maaaring mag-ayuno nang 40 araw na tulad ng unang pagkakatawang-tao, ngunit gumagawa at nagsasalita nang normal; bagama’t naghahayag Siya ng mga hiwaga, Siya ay normal na normal; hindi iyon tulad ng iniisip

ng mga tao—ang Kanyang tinig ay hindi parang kulog, ang Kanyang mukha ay hindi nagniningning sa liwanag, at ang kalangitan ay hindi yumayanig kapag Siya ay naglalakad. Kung nagkaganoon, hindi ito magtataglay ng karunungan Ko, at magiging imposibleng pahiyain at talunin si Satanas.

Kapag ipinamamalas Ko ang Aking pagka-Diyos mula sa likod ng kalasag ng normal na pagkatao, natatamo Ko ang ganap na kaluwalhatian, natutupad ang Aking dakilang gawain, at walang nagpapakita ng anumang mga problema. Ito ay dahil ang layunin ng Aking pagkakatawang-tao ay pangunahin upang tulutan ang lahat ng naniniwala sa Akin na mamasdan ang mga gawa ng Aking pagka-Diyos sa katawang-tao, at makita ang praktikal na Diyos Mismo, sa gayon ay napapawi ang lugar sa puso ng mga tao na kinaroroonan ng di-nakikita at di-nahahawakang Diyos. Dahil Ako ay kumakain, nagbibihis ng Aking Sarili, natutulog, nananahan, at kumikilos na tulad ng isang normal na tao, dahil Ako ay nagsasalita at tumatawa na gaya ng isang normal na tao at may mga pangangailangan ng isang normal na tao, samantalang nagtataglay rin ng diwa ng buong pagka-Diyos, tinatawag Akong “ang praktikal na Diyos.” Hindi ito isang ideya lamang, at madali itong maunawaan; makikita rito kung saang bahagi nakalagak ang buod ng Aking gawain, at kung saang yugto ng gawain Ako nakatuon. Ang buod na layunin ng Aking pagkakatawang-tao ay ang ihayag ang Aking pagka-Diyos sa pamamagitan ng normal na pagkatao. Hindi mahirap makita na ang sentro ng Aking gawain ay nasa ikalawang bahagi ng kapanahunan ng paghatol.

Sa Akin, hindi kailanman nagkaroon ng buhay ng tao, ni anumang bakas ng tao. Ang buhay ng tao ay hindi kailanman nagkaroon ng lugar sa Akin, at hindi kailanman nasupil ang paghahayag ng Aking pagka-Diyos. Kaya, habang mas ipinahahayag ang Aking tinig sa langit at ang kalooban ng Aking Espiritu, mas mapapahiya si Satanas, kaya mas madaling gawin ang Aking kalooban ayon sa normal na pagkatao. Ito lamang ang nakatalo kay Satanas; lubos nang napahiya si Satanas. Bagama’t Ako ay tago, hindi nito nahahadlangan ang mga pahayag at pagkilos ng Aking pagka-Diyos—sapat na ito upang ipakita na Ako ay nagtagumpay at ganap na nagtamo ng kaluwalhatian. Dahil walang hadlang sa Aking gawain sa katawang-tao, at dahil may lugar na ngayon ang praktikal na Diyos sa puso ng mga tao at nag-ugat na sa kanilang puso, lubos nang napatunayan na natalo Ko na si Satanas. At dahil walang kakayahan si Satanas na gumawa pa ng anuman sa tao, at dahil mahirap itanim ang katangian ni Satanas sa laman ng tao, nagpapatuloy ang Aking kalooban nang walang hadlang. Ang nilalaman ng Aking gawain ay pangunahin upang magawa ang lahat ng tao na mamasdan ang Aking kamangha-manghang mga gawa at makita ang Aking totoong mukha: Hindi Ako mahirap abutin, hindi Ako matayog sa langit, at mayroon Akong anyo at hugis. Hindi Ako hindi nakikita na katulad ng hangin, ni katulad ng lumulutang na ulap, na madaling hipan palayo; sa halip, bagama’t namumuhay Ako sa piling ng tao at dumaranas ng tamis, asim, pait, at init sa piling ng tao, magkagayunman ay talagang naiiba sa tao ang Aking katawang-tao. Karamihan sa mga tao ay nahihirapang makisama sa Akin, subalit

karamihan ay naghahangad ding makisama sa Akin. Para bagang may malaki at di-maarok na mga hiwaga sa kalooban ng Diyos na nagkatawang-tao. Dahil sa tuwirang paghahayag ng pagka-Diyos, at dahil sa kalasag na anyo ng tao, nagpapanatili ng distansya ang mga tao mula sa Akin bilang paggalang, naniniwalang Ako ay isang maawain at mapagmahal na Diyos, subalit natatakot din sa Aking kamahalan at poot. Kaya, sa kanilang puso, nais nilang kausapin Ako nang tapat, subalit hindi nila magawa ang gusto nila—kung ano ang hinahangad ng kanilang puso, iyon ang kulang sa kanilang lakas. Ganyan ang mga kalagayan ng lahat na nasa sitwasyong ito—habang mas ganito ang mga tao, mas matindi ang patunay ng paghahayag ng sari-saring aspeto ng Aking disposisyon, at sa gayon ay nakakamit ang layunin na makilala ng mga tao ang Diyos. Ngunit hindi ito gaanong mahalaga; ang mahalaga ay ipaalam sa mga tao ang Aking kamangha-manghang mga gawa mula sa mga gawa ng Aking katawang-tao, na magsasanhing malaman nila ang diwa ng Diyos; hindi Ako abnormal at higit sa karaniwan na tulad ng iniisip ng mga tao. Sa halip, Ako ang praktikal na Diyos na normal sa lahat ng bagay. Ang Aking lugar ayon sa mga kuru-kuro ng mga tao ay naalis, at nakikilala nila Ako sa realidad. Saka lamang Ako mapupunta sa Aking tunay na lugar sa isipan ng mga tao.

Sa harap ng lahat ng tao, hindi lamang Ako walang nagawang anuman na higit sa karaniwan na napahalagahan ng mga tao, kundi labis din Akong ordinaryo at normal; sadyang hindi Ko tinutulutan ang mga tao na makita ang anuman sa Aking nagkatawang-taong laman na may pahiwatig ng Diyos. Ngunit dahil sa Aking mga salita, lubos na nalulupig ang mga tao, at nagpapasakop sila sa Aking patotoo. Saka lamang Ako nakikilala nang personal ng mga tao, nang walang mga pag-aalinlangan at sa pundasyon ng lubos na paniniwala na totoong mayroong Diyos. Sa ganitong paraan, ang kaalaman ng mga tao tungkol sa Akin ay nagiging mas tunay, mas malinaw, at lubos na walang bahid ng kanilang mabuting asal; lahat ay resulta ng tuwirang pagkilos ng Aking pagka-Diyos, na nagbibigay sa mga tao ng mas malaking kaalaman tungkol sa Aking pagka-Diyos, sapagkat ang pagka-Diyos lamang ang totoong mukha ng Diyos at ang likas na katangian ng Diyos. Dapat itong makita ng mga tao. Ang nais Ko ay mga salita, gawa, at kilos na nasa pagka-Diyos—wala Akong pakialam sa mga salita at kilos sa pagkatao. Ang Aking layunin ay ang mamuhay at kumilos sa pagka-Diyos—ayaw Kong mag-ugat at umusbong sa pagkatao, at ayaw Kong manirahan sa pagkatao. Nauunawaan mo ba ang sinasabi Ko? Kahit isa Akong panauhin sa pagkatao, ayaw Ko nito; kumikilos Ako sa ganap na pagka-Diyos, at sa ganitong paraan lamang mas mauunawaan ng mga tao ang Aking totoong mukha.

Kabanata 10

Sa panahon ng pagtatayo ng iglesia, halos hindi nabanggit ng Diyos ang pagtatayo ng kaharian. Kahit nang banggitin Niya iyon, ginawa Niya iyon sa pananalita ng panahon. Nang dumating na ang Kapanahunan ng Kaharian, inalis ng Diyos ang ilang pamamaraan at alalahanin noong panahon ng pagtatayo ng iglesia sa isang kumpas, at hindi na muling bumigkas ng kahit isang salita tungkol sa mga iyon. Ito mismo ang pangunahing kahulugan ng “Diyos Mismo” na laging bago at hindi luma kailanman. Gaano man kagaling maaaring nagawa ang mga bagay-bagay noong araw, ang mga iyon, kunsabagay, ay bahagi ng isang nakalipas na panahon, kaya kinakategorya ng Diyos na naganap ang gayong nakaraang mga kaganapan noong panahon bago dumating si Cristo, samantalang ang kasalukuyang panahon ay kilala bilang panahon pagkamatay ni Cristo. Mula rito makikita na kinakailangang itayo ang iglesia para sa pagtatayo ng kaharian; inilatag nito ang pundasyon para magamit ng Diyos ang Kanyang malaking kapangyarihan sa kaharian. Ang pagtatayo ng iglesia ay isang dagliang paglalarawan ng ngayon; ang gawain ng Diyos sa lupa ay nakatuon una sa lahat sa bahaging ito na pagtatayo ng kaharian. Bago Niya natapos ang pagtatayo ng iglesia, nakagawa na Siya ng mga paghahanda para sa lahat ng gawaing gagawin, at sa tamang panahon, pormal Niyang sinimulan ang Kanyang gawain. Kaya nga sinabi ng Diyos, “Ang Kapanahunan ng Kaharian, kunsabagay, ay naiiba sa mga panahong nakaraan. Hindi ito tungkol sa kung paano kumikilos ang sangkatauhan; sa halip, bumaba na Ako sa lupa upang personal na isagawa ang Aking gawain, na isang bagay na hindi maisip ni maisasakatuparan ng mga tao.” Tunay nga, kailangang personal na isagawa ng Diyos ang gawaing ito—walang sinumang tao ang may kakayahang gawin ang gayong gawain; wala talaga silang ganang gawin iyon. Sino, maliban sa Diyos, ang maaaring magsagawa ng gayon kadakilang gawain sa gitna ng sangkatauhan? Sino pa ang may kakayahang “pahirapan” ang buong sangkatauhan hanggang sa halos mamatay? Posible bang planuhin ng mga tao ang gayong gawain? Bakit Niya sinasabing, “bumaba na Ako sa lupa upang personal na isagawa ang Aking gawain”? Maaari kaya na talagang naglaho ang Espiritu ng Diyos mula sa buong kalawakan? Ang mga katagang, “bumaba na Ako sa lupa upang personal na isagawa ang Aking gawain,” ay tumutukoy kapwa sa katotohanan na ang Espiritu ng Diyos ay nagkatawang-tao sa laman para gawin ang gawain, at sa katotohanan na malinaw na ang Espiritu ng Diyos ay gumagawa sa pamamagitan ng sangkatauhan. Sa personal na pagsasagawa ng Kanyang gawain, tinutulutan Niya ang maraming tao na makita ang Diyos Mismo sa sarili nilang mga mata; hindi na nila kailangan pang hanapin Siyang mabuti sa sarili nilang espiritu. Bukod pa ryan, tinutulutan Niya ang lahat ng tao na makita ang mga gawa ng Espiritu sa sarili nilang mga mata, na nagpapakita sa kanila na may mahalagang pagkakaiba sa pagitan ng laman ng tao at ng Diyos. Kasabay nito, sa buong kalawakan, sa sansinukob na mundo, gumagawa ang Espiritu ng Diyos. Nakikita ng lahat ng tao ng Diyos na

naliliwanagan, na tumanggap na sa pangalan ng Diyos, kung paano gumagawa ang Espiritu ng Diyos at, kung kaya, mas nakikilala pa ang Diyos na nagkatawang-tao. Sa gayon, kapag gumagawa nang tuwiran ang pagka-Diyos ng Diyos—ibig sabihin, kapag nakakagawa ang Espiritu ng Diyos nang wala ni katiting na paggambala—saka lamang nakikilala ng sangkatauhan ang praktikal na Diyos Mismo. Ito ang pinakadiwa ng pagtatayo ng kaharian.

Ilang beses bang nagkatawang-tao ang Diyos sa laman? Maaari kayang ilang beses? Bakit kaya nasabi ng Diyos nang maraming beses, “Minsan na Akong bumaba sa mundo ng mga tao at naranasan at namasdan Ko ang kanilang pagdurusa, ngunit ginawa Ko iyon nang hindi tinutupad ang layunin ng Aking pagkakatawang-tao”? Ito ba ay dahil nagkatawang-tao ang Diyos nang ilang beses, ngunit ni minsan ay hindi nakilala ng sangkatauhan? Hindi iyan ang ibig sabihin ng pahayag na ito. Sa unang pagkakataon na nagkatawang-tao ang Diyos, ang Kanyang layunin ay hindi talaga para makilala Siya ng mga tao; sa halip, isinagawa Niya ang Kanyang gawain at naglaho pagkatapos nang walang nakapansin o nagkaroon man lamang ng pagkakataong makilala Siya. Hindi Niya tinulutan ang mga tao na lubos Siyang makilala, ni hindi Niya ganap na angkin ang kabuluhan ng pagkakatawang-tao; sa gayon, hindi maaaring sabihin na Siya ay lubos na nagkatawang-tao. Sa unang pagkakatawang-tao, gumamit lamang ang Diyos ng isang pisikal na katawan na malaya sa likas na pagiging makasalanan para isakatuparan ang gawaing iyon; nang matapos iyon, hindi na iyon kinailangan pang banggiting muli. Tungkol naman sa mga taong nakasangkapan ng Diyos sa buong kapanahunan, lalong hindi karapat-dapat na tawaging “mga pagkakatawang-tao” ang gayong mga pangyayari. Tanging ang praktikal na Diyos Mismo ngayon, na natatakpan ng isang normal na pagkatao at may ganap na pagka-Diyos ang kalooban, at ang layunin ay tulutan ang sangkatauhan na makilala Siya, ang lubusang matatawag na isang “pagkakatawang-tao.” Ang kabuluhan ng unang pagparito ng Diyos sa mundong ito ay isang aspeto lamang ng kabuluhan ng tinatawag na pagkakatawang-tao ngayon—ngunit ang pagparito na ito ay hindi bumubuo sa anumang paraan sa buong kahulugan ng kilala ngayon bilang pagkakatawang-tao. Kaya nga sinabi ng Diyos, “nang hindi natutupad ang kabuluhan ng Aking pagkakatawang-tao.” Ang pagdanas ng at pagmamasid sa pagdurusa ng mga tao, tulad ng sinasabi sa mga salita ng Diyos, ay tumutukoy sa Espiritu ng Diyos at sa dalawang pagkakatawang-tao. Dahil dito, sinabi ng Diyos, “Kapag umusad na ang pagtatayo ng kaharian, ang Aking nagkatawang-taong laman ay pormal nang sinimulang gampanan ang Aking ministeryo; ibig sabihin, ang Hari ng kaharian ay pormal nang ginamit ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan.” Bagama’t isang patotoo sa pangalan ng Diyos ang pagtatayo ng iglesia, hindi pa pormal na nakapagsimula ang gawain; ngayon lamang masasabi na ito ang pagtatayo ng kaharian. Patikim lamang ang lahat ng naunang ginawa; hindi pa iyon ang totoo. Bagama’t sinabi na nagsimula na ang kaharian, wala pang gawaing ginagawa noon sa loob nito. Ngayon lamang, ngayong ginagawa ang gawain sa loob ng pagka-Diyos ng Diyos at pormal na nasimulan ng Diyos

ang Kanyang gawain, sa wakas ay nakapasok na ang sangkatauhan sa kaharian. Sa gayon, “ang pagbaba ng kaharian sa mundo ng tao—na hindi lamang isang literal na pagpapakita—ay isang aktwal na realidad; ito ay isang aspeto ng kahulugan ng ‘ang realidad ng pagsasagawa.’” Ang siping ito ay isang angkop na buod ng paglalahad sa itaas. Dahil naibigay ang paglalarawang ito, nagpapatuloy ang Diyos na ipakita ang pangkalahatang kalagayan ng sangkatauhan, na iniwan ang mga tao sa kalagayan ng palagiang kaabalahan. “Sa buong mundo, lahat ay umiiral ayon sa Aking awa at kagandahang-loob, ngunit pati na buong sangkatauhan ay napapailalim sa Aking paghatol, at sumasailalim din sa Aking mga pagsubok.” Pinamamahalaan ang buhay ng tao ayon sa ilang prinsipyo at tuntunin, ayon sa plano ng Diyos, at ang mga ito ay ang mga sumusunod: Magkakaroon ng mga panahon ng kaligayahan, mga sandali ng kabiguan, at, bukod pa ryan, mga panahon ng pagpipino sa pamamagitan ng mga paghihirap na kailangang tiisin. Sa gayon, walang sinumang mabubuhay nang puro kaligayahan o puro pagdurusa; bawat buhay ay magkakaroon ng mga tagumpay at kabiguan. Sa buong sangkatauhan, hindi lamang kitang-kita ang awa at mapagmahal na kabaitan ng Diyos, kundi pati na ang Kanyang paghatol at ang buo Niyang disposisyon. Masasabi na lahat ng tao ay umiiral sa gitna ng mga pagsubok ng Diyos, hindi ba? Sa buong malawak na mundong ito, abala ang mga tao sa paghahanap ng daan palabas para sa kanilang sarili. Hindi sila sigurado kung anong papel ang kanilang ginagampanan, at sinisira o binabalewala pa ng iba ang kanilang buhay para sa kapakanan ng kanilang kapalaran. Maging si Job ay hindi eksepsyon sa panuntunan: Bagama’t siya man ay nagtiis ng mga pagsubok ng Diyos, magkagayunman, naghanap siya ng kanyang sariling daan palabas. Walang sinumang matibay na nakapanindigan sa mga pagsubok ng Diyos. Dahil sa kasakiman o likas na pagkatao ng tao, walang sinumang lubos na nasisiyahan sa kanyang kasalukuyang kalagayan, at walang sinumang nakakapanindigan sa mga pagsubok; lahat ay nanghihina sa ilalim ng paghatol ng Diyos. Kung naging seryoso ang Diyos sa sangkatauhan, at kung nanatili pa rin Siyang gumagawa ng mahihigpit na kahilingan sa mga tao, magiging tulad sana ito ng Kanyang sinabi: “Babagsak ang buong sangkatauhan sa ilalim ng Aking nakakapasong titig.”

Sa kabila ng katotohanan na pormal nang nagsimula ang pagtatayo ng kaharian, hindi pa pormal na umaalingawngaw ang pagpupugay sa kaharian; ngayon ay isang propesiya lamang ito ng darating. Kapag nagawa nang ganap ang lahat ng tao at naging kaharian ni Cristo ang lahat ng bansa sa daigdig, iyon na ang panahon kung kailan dadagundong ang pitong kulog. Ang kasalukuyang panahon ay isang hakbang pasulong sa yugtong iyon; nailabas na ang utos tungo sa panahong iyon. Ito ang plano ng Diyos, at magkakatotoo ito sa malapit na hinaharap. Gayunman, naisakatuparan na ng Diyos ang lahat ng Kanyang nabigkas. Sa gayon, malinaw na ang mga bansa ng daigdig ay mga kastilyong buhangin lamang, na nanginginig habang papalapit ang pagtaas ng tubig: Napipinto na ang huling araw, at babagsak ang malaking pulang dragon sa ilalim ng salita ng Diyos. Para matiyak na tagumpay na naisasagawa ang Kanyang plano,

bumaba na ang mga anghel ng langit sa lupa, na ginagawa ang lahat upang palugurin ang Diyos. Nagpakalat na ang Diyos Mismo na nagkatawang-tao sa larangan ng digmaan upang makidigma laban sa kaaway. Saanman nagpapakita ang pagkakatawang-tao ay nalilipol ang kaaway sa lugar na iyon. Unang pupuksain ang Tsina; wawasakin ito ng kamay ng Diyos. Hindi talaga maaawa ang Diyos doon. Makikita ang patunay ng mabilis na pagbagsak ng malaking pulang dragon sa patuloy na paggulang ng mga tao; maliwanag itong makikita ng sinuman. Ang paggulang ng mga tao ay isang tanda ng pagpanaw ng kaaway. Isang munting paliwanag ito kung ano ang kahulugan ng “makipaglaban.” Sa gayon, ipinaalala na ng Diyos sa mga tao sa maraming pagkakataon na magbigay ng magagandang patotoo sa Kanya upang mapawalang-saysay ang katayuang angkin ng mga kuru-kuro, na siyang kapangitan ng malaking pulang dragon, sa puso ng mga tao. Ginagamit ng Diyos ang gayong mga paalala para pasiglahin ang pananampalataya ng mga tao at, sa paggawa nito, nagkakamit ng mga katuparan sa Kanyang gawain. Ito ay dahil sinabi na ng Diyos, “Ano ba talaga ang kayang gawin ng mga tao? Hindi ba mas mainam na Ako Mismo ang gumawa nito?” Ganito ang lahat ng tao; hindi lamang sila walang kakayahan, kundi madali rin silang masiraan ng loob at madismaya. Dahil dito, hindi nila kayang makilala ang Diyos. Hindi lamang muling binubuhay ng Diyos ang pananampalataya ng sangkatauhan; lihim at patuloy rin Niyang pinupuspos ng lakas ang mga tao.

Sumunod, nagsimulang magsalita ang Diyos sa buong sansinukob. Hindi lamang nasimulan ng Diyos ang Kanyang bagong gawain sa Tsina, kundi sa buong sansinukob, nasimulan Niyang gawin ang bagong gawain ng ngayon. Sa yugtong ito ng gawain, dahil nais ng Diyos na ibunyag ang lahat ng Kanyang gawa sa buong daigdig upang bumalik ang lahat ng taong nagkanulo sa Kanya para magpasakop sa harap ng Kanyang luklukan, maglalaman pa rin ng Kanyang awa at mapagmahal na kabaitan ang paghatol ng Diyos. Ginagamit ng Diyos ang mga kasalukuyang kaganapan sa buong mundo bilang mga pagkakataon upang maging dahilan para mataranta ang mga tao, na magtutulak sa kanila na hanapin ang Diyos upang bumalik sila sa Kanyang harapan. Sa gayon, sinasabi ng Diyos, “Isa ito sa mga paraan ng Aking paggawa, at walang dudang isang gawa ng pagliligtas para sa sangkatauhan, at ang ipinaaabot Ko sa kanila ay isang uri pa rin ng pagmamahal.” Inilalantad ng Diyos dito ang tunay na likas na pagkatao ng sangkatauhan nang may katumpakang tumatagos, walang-kapantay, at walang kahirap-hirap. Dahil dito ay itinatago ng mga tao ang kanilang mukha sa kahihiyan, na lubusang napahiya. Tuwing magsasalita ang Diyos, kahit paano ay lagi Niyang nagagawang tukuyin ang isang aspeto ng kahiya-hiyang pagganap ng sangkatauhan upang, habang panatag, hindi nalilimutan ng mga tao na kilalanin ang kanilang sarili at hindi iniisip na ang pagkilala sa kanilang sarili ay isang dati nang tungkulin. Ayon sa likas na pagkatao ng tao, kung titigil ang Diyos sa pagtukoy sa kanilang mga kamalian kahit isang sandali lamang, malamang na maging bastos sila at mayabang. Ito ang dahilan kaya sinasabi ng Diyos ngayon, “Ang sangkatauhan—sa halip na pahalagahan ang mga titulong Aking

iginawad sa kanila, napakarami sa kanila, dahil sa titulong ‘tagapagsilbi,’ ay nagkikimkim ng sama ng loob sa kanilang puso, at napakarami, dahil sa titulong ‘Aking mga tao,’ ang nagmamahal sa Akin sa kanilang puso. Hindi dapat subukin ninuman na lokohin Ako; nakikita ng Aking mga mata ang lahat!” Nang mabasa ng mga tao ang pahayag na ito, agad silang naaasiwa. Pakiramdam nila ay napaka-isip-bata ng kanilang mga kilos noong araw—kauri mismo ng di-tapat na pakikitungo na nakakasakit sa Diyos. Kamakailan lamang ay ninais na nilang palugurin ang Diyos, ngunit kahit gustung-gusto nila, wala silang lakas na gawin iyon, at hindi nila alam kung ano ang nararapat nilang gawin. Hindi sinasadya, napupuspos sila ng panibagong determinasyon. Ito ang epekto ng pagbasa sa mga salitang ito matapos mapanatag ang isang tao.

Sa isang banda, sinasabi ng Diyos na sukdulan ang kabaliwan ni Satanas, samantalang sa kabilang banda naman ay sinasabi Niya na hindi pa nagbabago ang dating likas na pagkatao ng karamihan sa mga tao. Mula rito, malinaw na namamalas ang mga kilos ni Satanas sa pamamagitan ng sangkatauhan. Sa gayon ay madalas na ipinapaalala ng Diyos sa mga tao na huwag maging masama, kung hindi ay sisilain sila ni Satanas. Hindi lamang nito ipinopropesiya na maghihimagsik ang ilang tao; bukod pa ryan, ito ay isang alarmang umaalingawngaw para balaan ang lahat ng tao na isantabi nang madalian ang nakaraan at hanapin ang kasalukuyang araw. Walang sinumang nais na masaniban ng mga demonyo o madaig ng masasamang espiritu, kaya ang mga salita ng Diyos, higit pa rito, ay isang babala at payo sa kanila. Gayunman, kapag naging kabaligtaran nito ang karamihan sa mga tao, na nag-uukol ng malaking pagpapahalaga sa bawat huling salita ng Diyos, sinasabi naman ng Diyos, “Karamihan sa mga tao ay naghihintay na magbunyag Ako ng mas marami pang hiwaga para pagpiyestahan ng kanilang mga mata. Gayunman, kahit naunawaan mo na ang lahat ng hiwaga ng langit, ano talaga ang maaari mong gawin sa kaalamang iyon? Madaragdagan ba nito ang iyong pagmamahal sa Akin? Mapupukaw ba nito ang iyong pagmamahal sa Akin?” Mula rito malinaw na hindi ginagamit ng mga tao ang salita ng Diyos para makilala ang Diyos at mahal in ang Diyos, kundi sa halip ay para madagdagan ang mga imbak ng kanilang “munting kamalig.” Sa gayon, ginagamit ng Diyos ang pariralang “pagpiyestahan ng kanilang mga mata” para ilarawan ang pagmamalabis ng sangkatauhan, na nagpapakita na hindi pa rin lubos na dalisay ang pagmamahal ng mga tao sa Diyos. Kung hindi inilantad ng Diyos ang mga hiwaga, hindi gaanong pahahalagahan ng mga tao ang Kanyang mga salita, kundi sa halip ay pahapyaw lamang na susulyapan ang mga ito, na sumusulyap sandali na parang humahanga sa mga bulaklak habang matulin silang nangangabayo. Hindi sila mag-uukol ng oras na tunay na pagbulayan o pagnilayan ang mga pagbigkas ng Diyos. Karamihan sa mga tao ay hindi tunay na itinatangi ang Kanyang salita. Hindi sila puspusang nagsusumikap na kumain at uminom ng Kanyang mga salita; sa halip, paimbabaw lamang nilang pinapasadahan ang mga ito. Bakit nagsasalita ngayon ang Diyos sa naiibang paraan kaysa ginawa Niya noong araw? Bakit lubhang di-maarok ang lahat ng Kanyang salita? Ang ilang halimbawa ay ang

salitang “puputungan” sa “Hindi Ko sila kailanman basta puputungan ng gayong mga katawagan,” “pinakadalisyay na ginto” sa “Mayroon bang sinumang maaaring tumanggap ng pinakadalisyay na ginto kung saan gawa ang Aking mga salita,” ang nauna Niyang pagbanggit sa “pag-impluwensya” sa “nang hindi dumaraan sa anumang pag-impluwensya ni Satanas,” at ng iba pang gayong parirala. Hindi nauunawaan ng mga tao kung bakit nagsasalita ang Diyos sa ganitong paraan; hindi nila maintindihan kung bakit Siya nagsasalita sa gayong pabiro, nakakatawa, at nakakapukaw na paraan. Ang mga ito mismo ay mga pagpapamalas ng layunin ng pananalita ng Diyos. Sa simula pa lamang, wala na talagang kakayahan ang mga tao na intindihin ang salita ng Diyos, at tila parang ang Kanyang mga pagbigkas ay medyo matindi at mahigpit. Sa pagdaragdag ng bahagyang pagpapatawa—pagdaragdag ng ilang biro paminsan-minsan—napapagaan Niya ang damdamin sa Kanyang salita at tinutulutan ang mga tao na maipahinga ang kanilang mga kalamnan kahit paano. Sa paggawa nito, nakakamtan Niya ang isang mas matindi pang epekto, kaya napipilitan ang bawat tao na pagnilayan ang salita ng Diyos.

Kabanata 11

Sa mata lamang ng tao, tila walang pagbabago sa mga pagbigkas ng Diyos sa panahong ito, dahil hindi kayang intindihin ng mga tao ang mga batas na pinagbabatayan ng pagsasalita ng Diyos, at hindi nauunawaan ang konteksto ng Kanyang mga salita. Matapos basahin ang mga salita ng Diyos, hindi naniniwala ang mga tao na may anumang bagong mga hiwaga sa mga salitang ito; kaya, hindi nila kayang mamuhay ng mga buhay na natatangi ang kasariwaan, at sa halip ay namumuhay ng mga buhay na walang pag-unlad at walang sigla. Ngunit sa mga pagbigkas ng Diyos, nakikita natin na may mas malalim na antas ng kahulugan, na kapwa di-maarok at di-maabot ng tao. Ngayon, ang pinakadakila sa lahat ng pagpapala ay ang maging sapat na mapalad ang tao na mabasa ang gayong mga salita ng Diyos. Kung walang babasa sa mga salitang ito, mananatiling mayabang, mapagmagaling, hindi kilala ang sarili, at walang alam ang tao kung ilan ang kanyang mga kamalian. Matapos basahin ang malalim at di-maarok na mga salita ng Diyos, lihim na hinahangaan ng mga tao ang mga iyon, at may totoong pananalig sa kanilang puso, walang bahid ng kasinungalingan; ang kanilang puso ay nagiging tunay, hindi huwad. Ito ang talagang nangyayari sa puso ng mga tao. Lahat ay may sariling kwento sa kanilang puso. Para bang sinasabi nila sa kanilang sarili: “Malamang na sinambit ito ng Diyos Mismo—kung hindi ang Diyos, sino pa ang maaaring bumigkas ng gayong mga salita? Bakit hindi ko masambit ang mga iyon? Bakit hindi ko kayang gawin ang gayong gawain? Mukhang ang Diyos na nagkatawang-tao na binabanggit ng Diyos ay talagang totoo, at ang Diyos Mismo! Hindi na ako magdududa. Kung hindi, malamang na kapag dumating ang kamay ng Diyos, magiging

huli na ang lahat para magsisi! ...” Ito ang iniisip ng karamihan ng mga tao sa kanilang puso. Makatarungang sabihin na, mula noong magsimulang magsalita ang Diyos hanggang ngayon, nagsitalikod na sana ang lahat ng tao kung walang suporta ng mga salita ng Diyos. Bakit sinasabi na lahat ng gawaing ito ay ginagawa ng Diyos Mismo, at hindi ng tao? Kung hindi gumamit ang Diyos ng mga salita upang suportahan ang buhay ng iglesia, maglalaho ang lahat ng tao nang walang bakas. Hindi ba ito ang kapangyarihan ng Diyos? Talaga bang ito ay kahusayang magsalita ng tao? Ito ba ay mga talento lamang ng tao? Talagang hindi! Kung hindi susuriin, walang makakaalam kung anong tipo ng dugo ang nananalaytay sa kanilang mga ugat, hindi nila mababatid kung ilan ang puso nila, o ilan ang utak, at iisipin nilang lahat na kilala nila ang Diyos. Hindi ba nila alam na may oposisyon pa ring nilalaman ang kanilang kaalaman? Kaya pala sinasabi ng Diyos, “Bawat tao sa sangkatauhan ay dapat pumayag na masuri ng Aking Espiritu, dapat nilang siyasating mabuti ang bawat salita at kilos nila, at, bukod pa ryan, dapat nilang tingnan ang Aking kamangha-manghang mga gawa.” Makikita mula rito na may layon at may batayan ang mga salita ng Diyos. Hindi pa pinakitunguhan ng Diyos ang sinuman kailanman nang hindi makatarungan; maging si Job, sa kabila ng kanyang buong pananampalataya, ay hindi pinaalpas—sinuri din siya, at iniwang walang mapagtaguan mula sa kanyang kahihyan. At bukod pa iyan sa mga tao ng ngayon. Kaya, sa gayon ay tinatanong kaagad ng Diyos: “Ano ang pakiramdam ninyo sa panahon ng pagdating ng kaharian sa lupa?” Di-gaanong mahalaga ang tanong ng Diyos, ngunit iniwan nitong naguguluhan ang mga tao: “Ano ang nadarama namin? Hindi pa rin namin alam kung kailan darating ang kaharian, kaya paano namin pag-uusapan ang damdamin? Bukod pa ryan, wala kaming ideya. Kung may nadama man ako, iyon ay ‘pagkamangha,’ at wala nang iba.” Sa katunayan, hindi ang tanong na ito ang layon ng mga salita ng Diyos. Higit sa lahat, ang nag-iisang pahayag na ito—“Kapag dumaloy ang Aking mga anak at mga tao sa Aking luklukan, pormal Kong sinisimulan ang paghatol sa harap ng malaking luklukang maputi”—ang nagbubuod sa mga pag-unlad ng buong espirituwal na dako. Walang nakaaalam kung ano ang nais gawin ng Diyos sa espirituwal na dako sa panahong ito, at matapos lamang bigkasin ng Diyos ang mga salitang ito nagkakaroon ng kaunting pagkamulat sa mga tao. Dahil may iba’t ibang hakbang sa gawain ng Diyos, iba-iba rin ang gawain ng Diyos sa buong sansinukob. Sa panahong ito, una sa lahat ay inililigtas ng Diyos ang mga anak at mga tao ng Diyos, ibig sabihin, sa pag-akay ng mga anghel, sinisimulang tanggapin ng mga anak at mga tao ng Diyos ang mapakitunguhan at masira, opisyal nilang sinisimulang iwaksi ang kanilang mga kaisipan at kuru-kuro, at magpaalam sa anumang bakas ng mundong ito; sa madaling salita, ang “paghatol sa harap ng malaking luklukang maputi” na binanggit ng Diyos ay opisyal na nagsisimula. Dahil ito ang paghatol ng Diyos, kailangang bumigkas ng Diyos sa Kanyang tinig—at bagama’t iba-iba ang nilalaman, palaging pareho ang layon. Ngayon, batay sa tono ng pagsasalita ng Diyos, tila nakatuon ang Kanyang mga salita sa isang partikular na grupo ng mga tao. Sa katunayan, higit sa

lahat, ang mga salitang ito ay patungkol sa likas ng pagkatao ng buong sangkatauhan. Tumatagos nang tuwiran ang mga ito sa gulugod ng tao, hindi sinasanto ng mga ito ang damdamin ng tao, at ibinubunyag ng mga ito ang kabuuan ng kanyang kakanyahan, na walang itinitira, hindi hinahayaang makalusot ang anuman. Simula ngayon, opisyal na ibinubunyag ng Diyos ang totoong mukha ng tao, at sa gayon ay “inilalabas ang tinig ng Aking Espiritu sa buong sansinukob.” Ang epektong nakakamit sa bandang huli ay ito: “Sa pamamagitan ng Aking mga salita, huhugasan Ko nang malinis ang lahat ng tao at bagay kasama ang lahat ng nasa langit at nasa lupa, kaya’t ang lupain ay hindi na marumi at malaswa, kundi isang banal na kaharian.” Ipinapakita ng mga salitang ito ang kinabukasan ng kaharian, na buong-buong kaharian ni Cristo, tulad ng sinabi ng Diyos, “Lahat ay mabuting bunga, lahat ay masisipag na magsasaka.” Siyempre pa, magaganap ito sa buong sansinukob, at hindi lamang magiging limitado sa Tsina.

Kapag nagsisimulang magsalita at kumilos ang Diyos, saka lamang nagkakaroon ng kaunting kaalaman ang mga tao tungkol sa Kanya sa kanilang mga kuru-kuro. Sa simula, umiiral lamang ang kaalamang ito sa kanilang mga kuru-kuro, ngunit habang tumatagal, lalong nagiging walang-saysay at di-akmang gamitin ng tao ang mga iniisip ng mga tao; kaya, naniniwala sila sa lahat ng sinasabi ng Diyos, hanggang sa sila ay “lumilikha ng isang puwang para sa praktikal na Diyos sa kanilang kamalayan.” Sa kanilang kamalayan lamang may puwang ang mga tao para sa praktikal na Diyos. Gayunman, ang totoo ay hindi nila kilala ang Diyos, at wala silang sinasabi kundi hungkag na mga salita. Subalit kumpara noong araw, malaki na ang kanilang iniunlad, bagama’t malaki pa rin ang pagkakaiba mula sa praktikal na Diyos Mismo. Bakit laging sinasabi ng Diyos, “Bawat araw ay naglalakad Ako sa gitna ng walang-tigil na daloy ng mga tao, at bawat araw ay kumikilos Ako sa kalooban ng bawat tao”? Kapag mas madalas na sinasabi ng Diyos ang gayong mga bagay, mas maihahambing ng mga tao ang mga iyon sa mga kilos ng praktikal na Diyos Mismo ng ngayon, kaya nga mas makikilala nila ang praktikal na Diyos sa realidad. Dahil sinasambit ang mga salita ng Diyos mula sa pananaw ng katawang-tao at binibigkas gamit ang wika ng sangkatauhan, napapahalagahan ng mga tao ang mga salita ng Diyos sa pamamagitan ng pagsukat sa mga iyon laban sa mga materyal na bagay, at sa gayon ay nakakamtan ang isang mas malaking epekto. Dagdag pa rito, paulit-ulit na binabanggit ng Diyos ang larawan ng “Ako” sa puso ng mga tao at ng “Ako” sa realidad, na ginagawang mas handa ang mga tao na alisin ang larawan ng Diyos sa kanilang puso, at sa gayon ay handang makilala at makipag-ugnayan sa praktikal na Diyos Mismo. Ito ang karunungan ng mga salita ng Diyos. Kapag mas sinasabi ng Diyos ang gayong mga bagay, mas malaki ang kapakinabangan sa kaalaman ng mga tao tungkol sa Diyos, at sa gayon ay sinasabi ng Diyos, “Kung hindi Ako naging tao, hindi Ako kailanman makikilala ng tao, at kahit nakilala niya Ako, hindi ba isang kuru-kuro pa rin ang gayong pagkakilala?” Tunay nga, kung hiniling sa mga tao na kilalanin ang Diyos ayon sa sarili nilang mga kuru-kuro, magiging madali ito para sa kanila; mapapahinga sila at sasaya, at sa gayon ay

magiging malabo at hindi praktikal ang Diyos sa puso ng mga tao magpakailanman, na magpapatunay na si Satanas, at hindi ang Diyos, ang may kapamahalaan sa buong sansinukob; kaya, ang mga salita ng Diyos na “Nabawi Ko na ang Aking kapangyarihan” ay mananatiling hungkag magpakailanman.

Kapag nagsimulang kumilos nang tuwiran ang pagka-Diyos, iyon din ang panahon na opisyal na bumababa ang kaharian sa mundo ng tao. Ngunit ang sinasabi rito ay na bumababa ang kaharian sa tao, hindi ang kaharian ang nagkakaanyo sa tao—at sa gayon ang binabanggit ngayon ay ang pagtatayo ng kaharian, at hindi kung paano ito nagkakaanyo. Bakit palaging sinasabi ng Diyos na “Tumatahimik ang lahat ng bagay”? Maaari kaya na tumitigil ang lahat ng bagay at hindi gumagalaw? Maaari kaya na talagang tumatahimik ang malalaking bundok? Kaya bakit hindi ito nadarama ng mga tao? Maaari kayang mali ang salita ng Diyos? O pinalalabis ng Diyos ang Kanyang salita? Dahil lahat ng ginagawa ng Diyos ay isinasagawa sa loob ng isang partikular na kapaligiran, walang nakababatid nito o may kakayahang mahiwatigan ito ng sarili nilang mga mata, at ang magagawa lamang ng mga tao ay makinig sa pagsasalita ng Diyos. Dahil sa pagkamaharlika ng kilos ng Diyos, kapag dumarating ang Diyos, para bang nagkaroon ng napakalaking pagbabago sa langit at sa lupa; at sa Diyos, mukhang nakamasid ang lahat sa sandaling ito. Ngayon, hindi pa dumarating ang mga katunayan. Natuto lamang nang kaunti ang mga tao mula sa bahagi ng literal na kahulugan ng mga salita ng Diyos. Hinihintay ng tunay na kahulugan ang panahon na inaalis nila sa mga sarili nila ang kanilang mga kuru-kuro; saka lamang sila magkakaroon ng kamalayan sa ginagawa ng Diyos na nagkatawang-tao sa lupa at sa langit ngayon. Sa mga tao ng Diyos sa Tsina hindi lamang kamandag ng malaking pulang dragon ang naroon. Inihahayag din doon nang mas sagana, at mas malinaw, ang likas na katangian ng malaking pulang dragon. Ngunit hindi ito binabanggit ng Diyos nang tuwiran, binabanggit lamang nang kaunti ang tungkol sa kamandag ng malaking pulang dragon. Sa ganitong paraan, hindi Niya inilalantad nang tuwiran ang mga pilat ng tao, na mas kapaki-pakinabang sa pag-unlad ng tao. Ayaw ng supling ng malaking pulang dragon na matawag na mga inapo ng malaking pulang dragon sa harap ng iba. Para bang ang mga salitang “malaking pulang dragon” ay nagdadala ng kahihiyan sa kanila; walang sinuman sa kanila ang handang banggitin ang mga salitang ito, at sa gayon ay sinasabi lamang ng Diyos, “Ang yugtong ito ng Aking gawain una sa lahat ay nakatutok sa inyo, at ito ay isang aspeto ng kabuluhan ng Aking pagkakatawang-tao sa Tsina.” Ang mas tiyak, naparito ang Diyos una sa lahat upang lupigin ang mga tipong kinatawan ng supling ng malaking pulang dragon, na siyang kabuluhan ng pagkakatawang-tao ng Diyos sa Tsina.

“Kapag personal Akong pumaparito sa tao, sabay-sabay na sinisimulan ng mga anghel ang gawain ng pag-akay.” Sa katunayan, hindi ipinakakahulugan nang literal na dumarating lamang ang Espiritu ng Diyos sa mundo ng tao kapag sinisimulan ng mga anghel ang kanilang gawain sa lahat ng tao. Sa halip, ang dalawang pirasong ito ng

gawain—gawain ng pagka-Diyos at pag-akay ng mga anghel—ay sabay na isinasagawa. Sumunod, nangungusap nang kaunti ang Diyos tungkol sa pag-akay ng mga anghel. Kapag sinasabi Niya na “lahat ng anak at tao ay hindi lamang nakatatanggap ng mga pagsubok at pag-akay, kundi namamasdan din, sa sarili nilang mga mata, ang kaganapan ng lahat ng klase ng mga pangitain,” karamihan sa mga tao ay sagana sa imahinasyon tungkol sa salitang “mga pangitain.” Ang mga pangitain ay tumutukoy sa mga pangyayaring higit-sa-karaniwan sa mga imahinasyon ng mga tao. Ngunit ang nilalaman ng gawain ay nananatiling ang kaalaman tungkol sa praktikal na Diyos Mismo. Ang mga pangitain ay ang mga kaparaanan ng paggawa ng mga anghel. Maaari nilang bigyan ang mga tao ng mga damdamin o mga panaginip, na hinahayaan silang mahiwatigan ang pag-iral ng mga anghel. Ngunit hindi pa rin nakikita ng tao ang mga anghel. Ang pamamaraan ng kanilang paggawa sa mga anak at mga tao ng Diyos ay ang tuwiran silang liwanagan at paliwanagin, na dinagdagan ng pakikitungo at pagsira sa kanila. Bihira silang magbigay ng mga sermon. Siyempre, hindi kasama ang pakikipagniig sa pagitan ng mga tao; ito ang nangyayari sa mga bansa sa labas ng Tsina. Nakapaloob sa mga salita ng Diyos ang paghahayag ng mga sitwasyon sa buhay ng buong sangkatauhan—siyempre, nakatuon ito una sa lahat sa supling ng malaking pulang dragon. Sa iba’t ibang kalagayan ng buong sangkatauhan, pinipili ng Diyos yaong mga kumakatawan upang magsilbing mga huwaran. Sa gayon, hinuhubaran ng mga salita ng Diyos ang mga tao, at wala silang kahihiyan, o kaya ay wala silang panahong magtago mula sa nagniningning na liwanag, at natatalo sa sarili nilang laro. Ang maraming pag-uugali ng tao ay isang labis-labis na mga larawan, na naiguhit ng Diyos mula noong unang panahon hanggang ngayon, at iguguhit Niya mula ngayon hanggang bukas. Ang iginuguhit lamang Niya ay ang kapangitan ng tao: Ang ilan ay nananangis sa kadiliman, na tila namimighati sa pagkawala ng paningin ng kanilang mga mata, ang ilan ay tumatawa, ang ilan ay hinahampas ng malalaking alon, ang ilan ay naglalakad sa paalun-along mga daanan sa bundok, ang ilan ay naghahanap sa gitna ng malawak na ilang, nanginginig sa takot, tulad ng ibong nagulantang sa tunog lamang ng kuwerdas ng pana, takot na takot na makain ng mababangis na hayop sa kabundukan. Sa mga kamay ng Diyos, ang maraming pangit na pag-uugaling ito ay nakakaantig, parang buhay na mga paglalarawan, karamihan sa mga ito ay nakapanghihilakbot tingnan, o kaya ay sapat upang tumindig ang balahibo ng mga tao at iniiwan silang naguguluhan at nalilito. Sa mga mata ng Diyos, ang tanging nakikita sa tao ay walang iba kundi kapangitan, at bagama’t maaari itong makapukaw ng habag, kapangitan pa rin ito. Ang pinagmumulan ng kaibhan ng tao sa Diyos ay na ang kahinaan ng tao ay nasa hilig niyang magpakita ng kabaitan sa iba. Gayunman, ang Diyos ay hindi nagbabago sa tao, na ibig sabihin ay hindi nagbabago ang Kanyang saloobin. Hindi Siya palaging mabait na tulad ng inaakala ng mga tao, tulad ng isang bihasang ina na ang mga anak ay laging nangunguna sa kanyang isipan. Ang totoo, kung ayaw ng Diyos na gumamit ng maraming pamamaraan sa paglupig sa malaking pulang dragon, walang paraan

para magpasakop Siya sa gayong paghamak, na hinahayaan ang Kanyang Sarili na mapasailalim sa mga limitasyon ng tao. Ayon sa disposisyon ng Diyos, lahat ng ginagawa at sinasabi ng mga tao ay pumupukaw sa poot ng Diyos, at dapat silang kastiguhin. Sa mga mata ng Diyos, wala ni isa sa kanila ang umaabot sa pamantayan, at silang lahat yaong papatayin ng Diyos. Dahil sa mga prinsipyo ng gawain ng Diyos sa Tsina, at, bukod pa ryan, dahil sa likas na katangian ng malaking pulang dragon, dagdag pa ang katunayan na ang Tsina ang bansa ng malaking pulang dragon at ang lupain kung saan naninirahan ang Diyos na nagkatawang-tao, kailangang lunukin ng Diyos ang Kanyang galit at lupigin ang lahat ng supling ng malaking pulang dragon; subalit lagi Niyang kasusuklanan ang supling ng malaking pulang dragon—ibig sabihin, lagi Niyang kasusuklanan ang lahat ng nagmumula sa malaking pulang dragon—at hindi ito magbabago kailanman.

Walang sinumang nakabatid ng anuman sa mga kilos ng Diyos, ni walang anumang nakakita sa Kanyang mga kilos. Nang bumalik ang Diyos sa Sion, halimbawa, sino ang nakabatid dito? Kaya, ang mga salitang tulad ng “Tahimik Akong pumaparito sa tao, at pagkatapos ay lumalayo Ako. May nakakita na ba sa Akin?” ay nagpapakita na talagang walang kakayahan ang tao na tanggapin ang mga nangyayari sa espirituwal na dako. Noong araw, sinabi ng Diyos na kapag nagbalik Siya sa Sion, “maapoy ang araw, makinang ang buwan.” Dahil abala pa rin ang mga tao sa pagbalik ng Diyos sa Sion—dahil hindi pa nila ito nalilimutan—tuwirang binibigkas ng Diyos ang mga salitang “maapoy ang araw, at makinang ang buwan” upang umayon sa mga kuru-kuro ng mga tao. Dahil dito, kapag hinahampas ng mga salita ng Diyos ang mga kuru-kuro ng mga tao, nakikita nila na kamangha-mangha ang mga kilos ng Diyos, at nakikita nila na malalim, di-maarok, at di-maunawaan ng lahat ang Kanyang mga salita; kaya, ganap nilang isinasantabi ang bagay na ito, at nadarama nila nang kaunti ang kalinawan sa kanilang espiritu, na parang nakabalik na ang Diyos sa Sion, kaya nga hindi gaanong pinapansin ng mga tao ang bagay na ito. Mula noon, tinatanggap nila ang mga salita ng Diyos nang may isang puso at isang isipan, at hindi na nababalisa na sasapit ang isang malaking kapahamakan kapag nagbalik na ang Diyos sa Sion. Saka lamang magiging madali para sa mga tao na tanggapin ang mga salita ng Diyos, na itinutuon ang kabuuan ng kanilang pansin sa mga salita ng Diyos, na iniwan silang walang hangaring isaalang-alang ang iba pa.

Karagdagan

Kabanata 2

Kapag namamasdan ng mga tao ang praktikal na Diyos, kapag personal silang namumuhay na kasama, at lumalakad nang kasabay, ang Diyos Mismo, isinasantabi nila ang pag-uusisang nasa puso na nila sa loob ng napakaraming taon. Ang kaalaman tungkol sa Diyos na binanggit noong una ay unang hakbang pa lamang; bagama’t may

kaalaman ang mga tao tungkol sa Diyos, nananatili pa rin ang maraming patuloy na pagdududa sa kanilang puso: Saan nanggaling ang Diyos? Kumakain ba ang Diyos? Malaki ba ang kaibhan ng Diyos sa mga ordinaryong tao? Para sa Diyos, madali bang makitungo sa lahat ng tao, madali lamang gawin? Lahat ba ng nagmumula sa bibig ng Diyos ay mga hiwaga ng langit? Mas dakila ba ang lahat ng Kanyang sinasabi kaysa sa mga bagay na sinasabi ng lahat ng nilalang? Nagmumula ba sa mga mata ng Diyos ang liwanag? At iba pa—ito lamang ang kaya ng mga kuru-kuro ng mga tao. Ito ang mga bagay na dapat ninyong unawain at pasukin bago ang lahat ng iba pa. Sa mga kuru-kuro ng mga tao, malabong Diyos pa rin ang Diyos na nagkatawang-tao. Kung hindi sa pamamagitan ng praktikal na kaalaman, hindi Ako kailanman makakayang unawain ng mga tao, at hindi nila kailanman mamamasdan ang Aking mga gawa sa kanilang mga karanasan. Nagkatawang-tao lamang Ako kaya “hindi maintindihan” ng mga tao ang Aking kalooban. Kung Ako ay hindi nagkatawang-tao, at nasa langit pa rin, nasa espirituwal na dako pa rin, “makikilala” Ako ng mga tao; yuyukod sila at sasambahin nila Ako, at magsasalita tungkol sa kanilang “kaalaman” tungkol sa Akin sa pamamagitan ng kanilang mga karanasan—ngunit ano ang magiging silbi ng gayong kaalaman? Ano ang magiging halaga nito bilang isang sanggunian? Totoo kaya ang kaalamang nagmumula sa mga kuru-kuro ng mga tao? Ayaw Ko sa kaalaman ng utak ng mga tao—nais Ko ng praktikal na kaalaman.

Inihahayag sa inyo ang Aking kalooban sa lahat ng oras, at sa lahat ng oras ay naroroon ang Aking pagpapalinaw at kaliwanagan. Kapag kumikilos Ako nang tuwiran sa pagka-Diyos, hindi ito sinasala sa pamamagitan ng utak, at hindi na kailangang dagdagan ng “pampalasa”—ito ay isang tuwirang gawa ng pagka-Diyos. Ano ang kakayahan ng mga tao? Hindi ba Ako ang nagsagawa ng lahat mula noong panahon ng paglikha hanggang ngayon? Noong araw, binanggit Ko ang Espiritu na pinatindi nang pitong beses, ngunit walang sinumang nakaunawa sa Kanyang diwa—kahit noong may kamalayan sila tungkol doon, hindi nila kayang ganap na umunawa. Kapag gumagawa Ako sa sangkatauhan sa pamamahala ng pagka-Diyos, dahil ang gawaing ito ay isinasakatuparan sa mga sitwasyon na pinaniniwalaan ng mga tao na hindi higit sa karaniwan kundi normal, tinutukoy itong gawain ng Banal na Espiritu. Kapag gumagawa Ako nang tuwiran sa pagka-Diyos, dahil hindi Ako napipigilan ng mga kuru-kuro ng mga tao, at dahil hindi Ako napapailalim sa mga limitasyon ng “higit sa karaniwan” ayon sa pag-iral nito sa kanilang mga kuru-kuro, may agarang epekto ang gawaing ito; tumutuloy ito sa pinakabuod ng usapin, at dumidiretso sa mismong paksa. Dahil dito, ang hakbang na ito ng gawain ay mas dalisay; mas mabilis nang dalawang beses, bumibilis ang pag-unawa ng mga tao at nadaragdagan ang Aking mga salita, na nagiging sanhi upang lahat ng tao ay magmadali upang makaabot. Dahil iba ang epekto, dahil ang paraan, ang katangian, at ang nilalaman ng Aking gawain ay hindi pare-pareho—at, bukod dito, dahil opisyal Kong sinimulang gumawa sa katawang-tao, dahil sa mga nabanggit, ang hakbang na ito ng gawain ay tinutukoy na “ang gawain ng Espiritu na pinatindi nang

pitong beses.” Hindi ito isang bagay na mahirap unawain. Kasunod ng mga pagbabago sa paraan ng Aking paggawa sa inyo, at kasunod ng pagdating ng kaharian, ang Espiritu na pinatindi nang pitong beses ay nagsisimulang gumawa, at ang gawaing ito ay patuloy na lumalalim at tumitindi. Kapag namamasdan ng lahat ng tao ang Diyos at nakikita nilang lahat na ang Espiritu ng Diyos ay nasa piling ng tao, lumilinaw ang buong kabuluhan ng Aking pagkakatawang-tao. Hindi na kailangang magbuod—natural itong alam ng mga tao.

Kung isasaalang-alang ang maraming aspeto—ang mga pamamaraan kung saan Ako ay gumagawa, ang mga hakbang ng Aking gawain, ang tono ng Aking mga salita ngayon, at iba pa—ang lumalabas lamang mula sa Aking bibig ngayon ay “ang mga pagbigkas ng pitong Espiritu” sa tunay na kahulugan. Bagama’t nagsalita rin Ako noong araw, iyan ay sa yugto ng pagtatayo ng iglesia. Para itong paunang-salita at talaan ng mga nilalaman sa isang nobela—wala itong diwa; mga pagbigkas lamang ng ngayon ang matatawag na mga pagbigkas ng pitong Espiritu pagdating sa tunay na diwa ng mga ito. “Ang mga pagbigkas ng pitong Espiritu” ay tumutukoy sa mga pagbigkas na nagmumula sa luklukan, na ibig sabihin, binibigkas ang mga iyon nang tuwiran sa pagka-Diyos. Ang sandaling bumaling ang Aking mga pagbigkas sa paghahayag ng mga hiwaga ng langit ay ang sandaling nagsalita Ako nang tuwiran sa pagka-Diyos. Sa madaling salita, di-mapigilan ng pagiging tao, tuwiran Kong inihayag ang lahat ng hiwaga at sitwasyon ng espirituwal na dako. Bakit Ko sinasabi na Ako ay dating sumailalim sa mga limitasyon ng pagiging tao? Nangangailangan ito ng paliwanag. Sa mga mata ng mga tao, walang sinumang may kakayahang maghayag ng mga hiwaga ng langit; kung hindi dahil sa Diyos Mismo, walang sinuman sa lupa ang maaaring makaalam sa mga hiwagang ito. Sa gayon, tinutukoy Ko ang mga kuru-kuro ng mga tao at sinasabi na hindi Ko inihayag ang anumang mga hiwaga noong araw dahil sumailalim Ako sa mga limitasyon ng pagiging tao. Ang mas partikular, gayunman, hindi ito ang totoo: Ang nilalaman ng Aking mga salita ay nag-iiba kapag nag-iiba ang Aking gawain, at sa gayon, nang simulan Kong isagawa ang Aking ministeryo sa pagka-Diyos, naghayag Ako ng mga hiwaga; noong araw, kinailangan Kong gumawa sa mga sitwasyon na itinuring ng lahat ng tao na normal, at ang mga salitang Aking sinambit ay kayang makamit sa mga kuru-kuro ng mga tao. Nang magsimula Akong maghayag ng mga hiwaga, walang isa man sa mga ito ang kinayang matamo ng mga kuru-kuro ng mga tao—hindi tulad ang mga iyon ng pag-iisip ng tao. Kaya, opisyal Kong sinimulang bumaling sa pagsasalita sa pagka-Diyos, at ang mga ito ay mga pagbigkas ng pitong Espiritu sa tunay na kahulugan. Bagama’t ang mga salita noong araw ay mga pagbigkas mula sa luklukan, sinambit ang mga iyon ayon sa kung ano ang kayang makamit ng mga tao, at sa gayon ay hindi binigkas nang tuwiran sa pagka-Diyos—ang mga ito ay hindi mga pagbigkas ng pitong Espiritu sa tunay na kahulugan.

Kabanata 12

Kapag nakikinig ang lahat ng tao, kapag pinaninibago at muling binubuhay ang lahat ng bagay, kapag bawat tao ay nagpapasakop sa Diyos nang walang pag-aalinlangan at handang balikatin ang mabigat na responsibilidad ng pasanin ng Diyos—dito lumalabas ang kidlat ng silanganan, na pinagliliwanag ang lahat mula Silangan hanggang Kanluran, sinisindak ang buong mundo sa pagdating ng liwanag na ito; at, sa yugtong ito, minsan pang sinisimulan ng Diyos ang isang bagong buhay. Ibig sabihin, sa sandaling ito, sinisimulan ng Diyos ang bagong gawain sa lupa, na ipinapahayag sa mga tao ng buong sansinukob na “kapag kumikidlat mula sa Silangan, na siya rin mismong sandali na nagsisimula Akong bigkasin ang Aking mga salita—kapag kumikidlat, ang buong sansinukob ay nagliliwanag, at nagbabago ng anyo ang lahat ng bituin.” Kaya, kailan lumalabas ang kidlat mula sa Silangan? Kapag nagdidilim ang kalangitan at kumukulimlim ang mundo, saka itinatago ng Diyos ang Kanyang mukha mula sa mundo, at iyon mismo ang sandali na sasapit sa lahat ng nasa silong ng kalangitan ang malakas na bagyo. Subalit pagsapit ng oras na ito, natataranta ang lahat ng tao, natatakot sa kulog, nangangamba sa ningning ng kidlat, at lalo pang nasisindak sa pananalasa ng delubyo, kaya ipinipikit ng karamihan sa kanila ang kanilang mga mata at naghihintay silang ilabas ng Diyos ang Kanyang poot at pabagsakin sila. At habang nangyayari ang iba’t ibang mga kalagayan, agad na lumalabas ang kidlat ng silanganan. Nangangahulugan ito na sa Silangan ng mundo, mula noong magsimula ang pagpapatotoo sa Diyos Mismo, hanggang noong magsimula Siyang gumawa, hanggang sa magsimulang gamitin ng pagka-Diyos ang pinakamataas na kapangyarihan sa buong mundo—ito ang kumikinang na sinag ng kidlat ng silanganan, na nagniningning kailanman sa buong sansinukob. Kapag ang mga bansa sa lupa ay nagiging kaharian ni Cristo, saka nagliliwanag ang buong sansinukob. Ngayon ang panahon ng paglabas ng kidlat ng silanganan. Nagsisimulang gumawa ang Diyos na nagkatawang-tao, at, bukod pa ryan, nagsasalita nang tuwiran sa pagka-Diyos. Masasabi na kapag nagsisimulang magsalita ang Diyos sa lupa, saka lumalabas ang kidlat ng silanganan. Para mas tumpak, kapag dumadaloy ang tubig na buhay mula sa luklukan—kapag nagsisimula ang mga pagbigkas mula sa luklukan—iyon mismo ang sandali na pormal na nagsisimula ang mga pagbigkas ng pitong Espiritu. Sa sandaling ito, nagsisimulang lumabas ang kidlat ng silanganan, at dahil sa tagal nito, iba-iba rin ang antas ng pagliliwanag, at mayroon ding limitasyon sa saklaw ng kaningningan nito. Subalit kasabay ng paggalaw ng gawain ng Diyos, kasabay ng mga pagbabago sa Kanyang plano—kasabay ng mga pagbabagu-bago sa gawain sa mga anak at mga tao ng Diyos—lalong ginagampanan ng kidlat ang likas na tungkulin nito, kaya nagliliwanag ang lahat sa buong sansinukob, at walang naiiwang latak o dumi. Ito ang pagbubuo ng 6,000-taong plano ng pamamahala ng Diyos, at ang mismong bungang tinatamasa ng Diyos. “Ang mga bituin” ay hindi tumutukoy sa mga bituin sa langit, kundi sa lahat ng

anak at tao ng Diyos na gumagawa para sa Kanya. Dahil sila ay nagpapatotoo sa Diyos sa kaharian ng Diyos, at kumakatawan sa Diyos sa Kanyang kaharian, at dahil sila ay mga nilalang, tinatawag silang “mga bituin.” “Ang magbagong-anyo” ay tumutukoy sa isang pagbabagong-anyo sa identidad at katayuan: Ang mga tao ay nagbabago mula sa mga tao sa lupa tungo sa mga tao ng kaharian, at, bukod pa ryan, kasama nila ang Diyos, at sumasakanila ang kaluwalhatian ng Diyos. Dahil dito, ginagamit nila ang pinakamataas na kapangyarihan para sa Diyos, at ang kamandag at mga karumihan sa mga ito ay nililinis ng gawain ng Diyos, sa huli ay nagiging angkop silang kasangkapanin ng Diyos at nakaayon sa puso ng Diyos—ito ay isang aspeto ng kahulugan ng mga salitang ito. Kapag pinagliliwanag ng sinag ng liwanag mula sa Diyos ang buong lupain, magbabago ang lahat ng bagay sa langit at sa lupa sa iba-ibang antas, at magbabago rin ang mga bituin sa langit, mapapanibago ang araw at ang buwan, at pagkatapos ay mapapanibago ang mga tao sa lupa—na siyang gawain ng Diyos sa pagitan ng langit at lupa, at hindi ito kataka-taka.

Kapag inililigtas ng Diyos ang mga tao—hindi ito tumutukoy sa mga yaon na hindi likas na pinili—iyon ay kapag nililinis at hinahatulan lamang ng Diyos ang mga tao, at lahat ay nananangis nang may kapaitan, o nakaratay sa kanilang higaan, o pinabagsak at isinadlak sa impiyerno ng kamatayan dahil sa mga salita ng Diyos. Salamat na lamang sa mga pagbigkas ng Diyos at nagsisimulang makilala ng mga tao ang kanilang sarili. Kung hindi nagkagayon ang mga bagay-bagay, magiging kagaya ng sa palaka ang kanilang mga mata—nakatingala, walang sinumang kumbinsido, walang sinuman sa kanila ang nakakakilala sa kanilang sarili, walang alam kung gaano kabigat ang kanilang timbang. Talagang ginawang tiwali nang matindi ni Satanas ang mga tao. Dahil mismo sa walang-hanggang kapangyarihan ng Diyos kaya inilarawan ang pangit na mukha ng tao sa gayon kalinaw na detalye, na naging dahilan upang ang tao, matapos basahin ito, ay ikumpara ito sa kanyang sariling tunay na mukha. Alam ng lahat ng tao na tila alam ng Diyos, nang napakalinaw, kung gaano karami ang mga selula ng utak sa ulo nila, bukod pa sa kanilang pangit na mukha o mga ideya sa kanilang kalooban. Sa mga salitang “Ang buong sangkatauhan ay para bagang napagbukud-bukod. Sa ilalim ng kinang ng sinag ng liwanag na ito mula sa Silangan, nahayag ang buong sangkatauhan sa kanilang orihinal na anyo, nasisilaw ang mga mata, hindi tiyak ang gagawin,” ay makikita na balang araw, kapag natapos ang gawain ng Diyos, hahatulan ng Diyos ang buong sangkatauhan. Walang makakatakas; isa-isang pakikitunguhan ng Diyos ang mga tao ng buong sangkatauhan, nang hindi kinaliligtaan ni isa sa kanila, at sa gayon lamang malulugod ang puso ng Diyos. Kaya nga, sinasabi ng Diyos, “Para din silang mga hayop na nagsisitakas mula sa Aking liwanag upang magkubli sa mga kuweba sa bundok—subalit wala ni isa sa kanila ang maaaring maglaho mula sa sakop ng Aking liwanag.” Ang mga tao ay hamak at mababang klaseng mga hayop. Namumuhay sa mga kamay ni Satanas, para bang nanganlong sila sa sinaunang kagubatan sa kaloob-looban ng kabundukan—ngunit, dahil walang makakatakas sa pagkasunog sa apoy ng

Diyos, kahit habang nasa ilalim ng “proteksyon” ng mga puwersa ni Satanas, paano sila malilimutan ng Diyos? Kapag tinatanggap ng mga tao ang pagdating ng mga salita ng Diyos, inilalarawan ng panulat ng Diyos ang sari-saring kakatwang mga anyo at kakila-kilabot na mga kalagayan ng lahat ng tao; nagsasalita ang Diyos kapag angkop sa mga pangangailangan at mentalidad ng tao. Sa gayon, para sa mga tao, mukhang maalam ang Diyos sa sikolohiya. Parang isang psychologist ang Diyos, ngunit para ding isang espesyalista ang Diyos sa internal medicine—kaya pala malawak ang pang-unawa Niya sa tao, na “kumplikado.” Habang mas iniisip ng mga tao na gayon nga ito, mas matindi ang kanilang pagdama sa kahalagahan ng Diyos, at mas nadarama nila na ang Diyos ay malalim at hindi maarok. Para bang, sa pagitan ng tao at ng Diyos, may isang selestiyal na hangganang hindi matatawid, ngunit para ding iginagalang ng dalawa ang isa’t isa mula sa magkabilang pampang ng Ilog Chu,^a walang sinuman sa kanila ang nakakagawa ng higit kaysa panoorin ang isa pa. Ibig sabihin, tinitingnan lamang ng mga tao ang Diyos gamit ang kanilang mga mata; hindi sila nagkaroon ng pagkakataon kailanman na pag-aralan Siyang mabuti, at ang mayroon lamang sila para sa Kanya ay ang pakiramdam na mayroon silang kaugnayan. Sa kanilang puso, palagi nilang nadarama na ang Diyos ay kaibig-ibig, ngunit dahil ang Diyos ay lubhang “walang puso at walang pakiramdam,” hindi sila nagkaroon ng pagkakataon kailanman na banggitin ang dalamhati sa kanilang puso sa Kanyang harapan. Katulad sila ng isang bata pang magandang babae na nasa harap ng kanyang asawa, na hindi nagkaroon ng pagkakataon kailanman na isiwalat ang kanyang tunay na damdamin dahil sa katapatan ng kanyang asawa. Ang mga tao ay mga walanghiyang namumuhi sa sarili, kaya nga, dahil sa kanilang karupukan, dahil sa kawalan nila ng paggalang sa sarili, nadaragdagan ang Aking galit sa tao, nang di-sinasadya, medyo mas matindi, at sumasabog ang galit sa puso Ko. Sa Aking isipan, parang nagkaroon Ako ng trauma. Matagal na Akong nawalan ng pag-asa sa tao mula noon, ngunit dahil “minsan pa, palapit nang palapit ang Aking araw sa buong sangkatauhan, minsan pang pumupukaw sa sangkatauhan, na nagbibigay sa sangkatauhan ng isa pang bagong simula,” minsan pa Akong nag-ipon ng lakas ng loob na lupigin ang buong sangkatauhan, bihagin at talunin ang malaking pulang dragon. Ang orihinal na layunin ng Diyos ay ang mga sumusunod: lupigin lamang ang mga inanak ng malaking pulang dragon sa Tsina at wala nang iba; ito lamang ang maaaring ituring na pagkatalo ng malaking pulang dragon, ang paggupo sa malaking pulang dragon. Ito lamang ang sasapat upang patunayan na ang Diyos ay namamahala bilang Hari sa buong mundo, upang patunayan ang katuparan ng dakilang layon ng Diyos, na ang Diyos ay may bagong simula sa lupa at nagtamo ng kaluwalhatian sa lupa. Dahil sa panghuli at magandang tanawin, hindi mapigilan ng Diyos na magpahayag ng simbuyo ng damdamin sa Kanyang puso: “Tumitibok ang puso Ko at, sa pagsunod

^a Ang “Ilog Chu” ay sumisimbulo sa hangganan sa pagitan ng dalawang kapangyarihang magkalaban.

sa mga ritmo ng tibok ng Aking puso, naglulundagan sa galak ang kabundukan, nagsasayawan sa galak ang katubigan, at humahampas ang mga alon sa batuhan. Mahirap ipahayag kung ano ang nasa puso Ko.” Mula rito, makikita na kung ano ang ipinlano ng Diyos, naisakatuparan na Niya iyon; natukoy na iyon ng Diyos noon pa man, at ito mismo ang ipinararanas at ipinamamalas ng Diyos sa mga tao. Maganda ang pag-asa ng kaharian; ang Hari ng kaharian ang nagtagumpay, nang hindi nagkakaroon kailanman, mula sa Kanyang ulo hanggang sa Kanyang paa, ng bakas ng laman o dugo, na lubos na binubuo ng mga banal na elemento. Nagliliwanag ang Kanyang buong katawan sa sagradong kaluwalhatian, lubos na walang bahid ng mga ideya ng tao; nag-uumpaw sa katuwiran at aura ng langit ang Kanyang buong katawan, mula ulo hanggang paa, at naglalabas ng nakabibighaning halimuyak. Tulad ng minamahal sa Awit ng mga Awit, mas marilag pa Siya kaysa lahat ng banal, mas mataas kaysa sinaunang mga banal; Siya ang uliran sa lahat ng tao, at hindi maikukumpara sa tao; hindi karapat-dapat ang mga tao na tumingin sa Kanya nang tuwid. Walang sinumang maaaring magtamo ng maluwalhating mukha ng Diyos, ng anyo ng Diyos, o ng larawan ng Diyos; walang sinumang maaaring makipagpaligsahan sa kanila, at walang sinumang maaaring pumuri kaagad sa kanila sa kanilang bibig.

Walang katapusan ang mga salita ng Diyos—tulad ng tubig na bumubulwak mula sa isang bukal, hindi natutuyuan kailanman, at sa gayon ay walang sinumang makakaarok sa mga hiwaga ng plano ng pamamahala ng Diyos. Subalit para sa Diyos, walang katapusan ang gayong mga hiwaga. Gamit ang iba’t ibang mga paraan at wika, maraming beses nang nabanggit ng Diyos ang Kanyang pagpapanibago at lubos na pagbabagong-anyo ng buong sansinukob, na bawat pagkakataon ay mas malalim kaysa sa huli: “Nais Kong sunugin ang lahat ng maruming bagay hanggang sa maging abo sa ilalim ng Aking tingin; nais Kong maglaho ang lahat ng anak ng pagsuway mula sa Aking harapan, at hindi na umiral pa kailanman.” Bakit paulit-ulit na sinasabi ng Diyos ang gayong mga bagay? Hindi ba Siya natatakot na magsawa ang mga tao sa mga ito? Nag-aapuhap lamang ang mga tao sa gitna ng mga salita ng Diyos, na nagnanais na makilala ang Diyos sa ganitong paraan, ngunit hindi kailanman naaalalang suriin ang kanilang sarili. Sa gayon, ginagamit ng Diyos ang pamamaraang ito upang magpaalala sa kanila, upang makilala nilang lahat ang kanilang sarili, upang mula sa kanilang sarili ay malaman nila ang pagsuway ng tao, at sa gayon ay malipol ang kanilang pagsuway sa harap ng Diyos. Nang mabasa na nais ng Diyos na “magsaayos,” nabalisa kaagad ang mga tao, at tila tumigil din sa paggalaw ang kanilang mga kalamnan. Agad silang nagbalik sa harap ng Diyos upang punahin ang kanilang sarili, at sa gayon ay makilala ang Diyos. Pagkatapos nito—matapos silang makapagdesisyon—ginagamit ng Diyos ang pagkakataon upang ipakita sa kanila ang diwa ng malaking pulang dragon; sa gayon, direktang nakikibahagi ang mga tao sa espirituwal na dako, at, dahil sa papel na nagampanan ng kanilang matibay na pasiya, nagsisimula ring gumanap ng isang papel ang kanilang isipan, na nagpapaibayo sa damdamin sa pagitan ng tao at ng Diyos—na

higit ang pakinabang sa gawain ng Diyos sa katawang-tao. Sa ganitong paraan, hindi namamalayan ng mga tao na nais nilang gunitain ang mga panahong nakalipas: Noong araw, naniwala ang mga tao sa loob ng maraming taon sa isang malabong Diyos; sa loob ng maraming taon, hindi sila napalaya kailanman sa kanilang puso, wala silang kakayahang makadama ng malaking kasiyahan, at, bagama't naniwala sila sa Diyos, walang kaayusan sa kanilang buhay. Parang wala iyong ipinagkaiba sa dati bago sila nanampalataya—hungkag at walang pag-asa pa rin ang kanilang buhay, at ang kanilang paniniwala noon ay parang isang uri ng gusot, na para lamang kawalan ng paniniwala. Dahil namasdan nila ang praktikal na Diyos Mismo sa ngayon, parang napanibago ang langit at lupa; naging maningning ang kanilang buhay, hindi na sila nawawalan ng pag-asa, at, dahil sa pagdating ng praktikal na Diyos, nadarama nila na matatag ang kanilang puso at payapa ang loob ng kanilang espiritu. Hindi na sila naghahangad ng mga bagay na walang halaga at naniniwala sa mga sabi-sabi sa lahat ng kanilang ginagawa; may layunin na ang kanilang mga pagsisikap, at hindi na sila nagpaparoo't parito. Mas maganda pa ang buhay ngayon, at di-inaasahang nakapasok ang mga tao sa kaharian at naging mga tao ng Diyos, at pagkatapos.... Sa kanilang puso, kapag mas iniisip ito ng mga tao, mas matamis ito; kapag mas iniisip nila ito, mas masaya sila, at mas inspirado silang mahalin ang Diyos. Sa gayon, hindi nila natatanto, tumitibay ang pagkakaibigan sa pagitan ng Diyos at ng tao. Mas minamahal ng mga tao ang Diyos, at mas nakikilala ang Diyos, at nagiging mas madali ang gawain ng Diyos sa tao, at hindi na nito pinupwersa o pinipilit ang mga tao, kundi sinusundan ang likas na takbo ng mga pangyayari, at ginagampanan ng tao ang kanyang sariling natatanging tungkulin—sa ganitong paraan lamang unti-unting nakakaya ng mga tao na makilala ang Diyos. Ito lamang ang karunungan ng Diyos—hindi ito nangangailangan ng kahit katiting na pagsisikap, at ginagamit ito ayon sa likas na pagkatao ng tao. Kaya, sa sandaling ito, sinasabi ng Diyos, “Nang magkatawang-tao Ako sa mundo ng tao, dumating na ang sangkatauhan, sa ilalim ng Aking patnubay, nang hindi sinasadya sa araw na ito at dumating nang hindi sinasadya upang makilala Ako. Ngunit, hinggil sa kung paano tahakin ang landas sa hinaharap, walang sinumang may ideya, walang sinumang nakakaalam—at lalo pang walang sinumang may ideya kung saang direksyon sila dadalhin ng landas na iyon. Sa pagbabantay lamang sa kanila ng Makapangyarihan sa lahat matatahak ng sinuman ang landas hanggang wakas; sa paggabay lamang ng kidlat sa Silangan matatawid ng sinuman ang pintuan papasok sa Aking kaharian.” Hindi ba isang buod ito mismo ng Aking inilarawan sa puso ng tao sa itaas? Narito ang lihim ng mga salita ng Diyos. Ang iniisip ng tao sa kanyang puso ay yaon mismong sinasambit ng bibig ng Diyos, at ang sinasambit ng Kanyang bibig ay yaon mismong ninanais ng tao. Dito mismo eksperto ang Diyos sa paglalantad ng puso ng tao; kung hindi, paano taos na makukumbinsi ang lahat? Hindi ba ito ang epektong nais ng Diyos na makamit sa paglupig sa malaking pulang dragon?

Sa katunayan, maraming salita na ang layunin ng Diyos ay hindi para ipahiwatig ang

mababaw na mga kahulugan nito. Sa marami sa Kanyang mga salita, sadya lamang nilalayon ng Diyos na baguhin ang mga kuru-kuro ng mga tao at ilihis ang kanilang pansin. Hindi nagbibigay ng anumang kahalagahan ang Diyos sa mga salitang ito, at sa gayon ay maraming salita ang hindi nararapat na ipaliwanag. Kapag nalupig na ng mga salita ng Diyos ang tao hanggang sa kalagayan nila ngayon, umaabot ang lakas ng mga tao sa isang punto, kaya pagkatapos ay bumibigkas na ang Diyos ng iba pang mga salita ng babala—ang konstitusyon na Kanyang inilalabas sa mga tao ng Diyos: “Bagama’t ang mga taong naninirahan sa lupa ay kasindami ng mga bituin, kilala Ko silang lahat nang kasinglinaw ng palad sa sarili Kong kamay. At, bagama’t napakarami rin ng mga taong ‘nagmamahal’ sa Akin na tulad ng mga butil ng buhangin sa dagat, iilan lamang ang Aking hinirang: yaon lamang mga sumusunod sa maningning na liwanag, na bukod pa sa mga ‘nagmamahal’ sa Akin.” Tunay ngang maraming nagsasabi na mahal nila ang Diyos, ngunit kakaunti ang nagmamahal sa Kanya sa kanilang puso. Mukhang maaari itong malinaw na mahiwatigan kahit nakapikit ang mga mata. Ganito ang aktwal na sitwasyon ng buong mundo ng mga naniniwala sa Diyos. Dito, nakikita natin na ngayon bumaling na ang Diyos sa gawain ng “pagsasaayos sa mga tao,” na nagpapakita na ang nais ng Diyos, at ang nagpapalugod sa Diyos, ay hindi ang iglesia ng ngayon, kundi ang kaharian pagkatapos ng pagsasaayos. Sa sandaling ito, nagbibigay Siya ng karagdagang babala sa lahat ng “mapanganib na mga kalakal”: Maliban kung hindi kikilos ang Diyos, sa sandaling magsimulang kumilos ang Diyos, mapapalis ang mga taong ito mula sa kaharian. Hindi kailanman gumagawa ang Diyos ng mga bagay-bagay nang paimbabaw. Palagi Siyang kumikilos ayon sa prinsipyo ng “ang isa ay isa at ang dalawa ay dalawa,” at, kung may mga ayaw Siyang tingnan, ginagawa Niya ang lahat ng posible upang palisin ang mga ito, upang pigilan silang magsanhi ng problema sa hinaharap. Ito ay tinatawag na “paglalabas ng basura at lubusang paglilinis.” Ang mismong sandali na ipinapahayag ng Diyos ang mga atas administratibo sa tao ay kapag ipinapakita Niya ang Kanyang mahimalang mga gawa at lahat ng nasa Kanyang kalooban, at sa gayon ay sinasabi Niya pagkatapos: “Napakaraming mababangis na hayop sa kabundukan, ngunit lahat ng iyon ay kasing-amo ng mga tupa sa Aking harapan; nasa ilalim ng mga alon ang di-maarok na mga hiwaga, ngunit ipinapakita ng mga ito ang kanilang sarili sa Akin na kasinglinaw ng lahat ng bagay sa ibabaw ng lupa; nasa kalangitan sa itaas ang mga dako na kailanman ay hindi mararating ng tao, subalit malaya Akong naglalakad doon sa mga dakong iyon na hindi mararating.” Ito ang ibig sabihin ng Diyos: Bagama’t mandaraya higit sa lahat ang puso ng tao, at tila walang katapusan ang hiwaga na tulad ng impiyerno ng mga kuru-kuro ng mga tao, alam ng Diyos ang aktwal na mga kalagayan ng tao na gaya ng likod ng Kanyang kamay. Sa lahat ng bagay, mas mabagsik at mas malupit na hayop ang tao kaysa sa isang mabangis na hayop, subalit nalupig ng Diyos ang tao hanggang sa wala nang nangangahas na bumangon at lumaban. Sa katunayan, tulad ng layunin ng Diyos, ang iniisip ng mga tao sa kanilang puso ay mas kumplikado kaysa lahat ng bagay sa gitna ng lahat ng bagay; hindi ito maaarok, subalit walang

malasakit ang Diyos sa puso ng tao. Tinatrato lamang Niya ito bilang isang munting uod sa harap ng Kanyang mga mata. Sa isang salita mula sa Kanyang bibig, nilulupig Niya ito; kahit kailan Niya gusto, pinababagsak Niya ito; sa kaliit-liitang galaw ng Kanyang kamay, kinakastigo Niya ito; pinarurusahan Niya ito kung kailan Niya gusto.

Ngayon, umiiral ang lahat ng tao sa loob ng kadiliman, ngunit, dahil sa pagdating ng Diyos, nalalaman na rin nila ang kakanyahan ng liwanag nang makita Siya nila. Sa buong mundo, parang isang malaking itim na palayok ang naitaob sa buong mundo, at walang sinumang makahugot ng hininga; nais nilang lahat na baligtarin ang sitwasyon, subalit walang sinumang nakapag-angat ng palayok kailanman. Dahil lamang sa pagkakatawang-tao ng Diyos kaya biglang nabuksan ang mga mata ng mga tao, at namasdan na nila ang praktikal na Diyos. Sa gayon, tinatanong sila ng Diyos nang may pagdududa: “Hindi Ako nakilala ng tao sa liwanag kailanman, kundi nakita lamang Ako sa mundo ng kadiliman. Hindi ba ganito mismo ang sitwasyon ninyo ngayon? Nasa rurok ng mga pagwawala ang malaking pulang dragon nang pormal Akong nagkatawang-tao upang gawin ang Aking gawain.” Hindi itinatago ng Diyos ang tunay na sitwasyon ng espirituwal na dako, ni hindi Niya itinatago ang tunay na kalagayan ng puso ng tao, at sa gayon ay paulit-ulit Niyang ipinapaalala sa mga tao: “Hindi Ko lamang binibigyan ng kakayahan ang Aking mga tao na makilala ang Diyos na nagkatawang-tao, kundi nililinis din sila. Dahil sa tindi ng Aking mga atas administratibo, karamihan sa mga tao ay nanganganib pa ring alisin Ko. Maliban kung gagawin ninyo ang lahat upang pakitunguhan ang inyong sarili, supilin ang inyong sariling katawan—kung hindi ninyo ito gagawin, tiyak na magiging isang pakay kayo na Aking kinasusuklaman at itinatakwil, upang ihagis sa impiyerno, tulad ng natanggap na pagkastigo ni Pablo mula sa Aking mga kamay, kung saan walang makakatakas.” Nang lalo itong sabihin ng Diyos, saka lamang naging mas maingat ang mga tao sa kanilang mga hakbang at mas natakot sa mga atas administratibo ng Diyos; saka lamang magagamit ang awtoridad ng Diyos at malilinawan ang Kanyang kamahalan. Dito, minsan pang binanggit si Pablo, upang maunawaan ng mga tao ang kalooban ng Diyos: Kailangan ay hindi sila yaong mga kinakastigo ng Diyos, kundi yaong mga nakakaalala sa kalooban ng Diyos. Ito lamang ang magpapagunita sa mga tao, sa gitna ng kanilang pagkatakot, sa kawalan ng kakayahan ng kanilang nakaraan na matibay na magpasiya sa harap ng Diyos na ganap Siyang palugurin, na nagbibigay sa kanila ng mas malaking panghihinayang at higit na kaalaman tungkol sa praktikal na Diyos. Sa gayon, saka lamang mawawala ang kanilang mga pagdududa tungkol sa mga salita ng Diyos.

“Hindi lamang Ako hindi kilala ng tao sa Aking katawang-tao; higit pa ryan, nabigo siyang unawain ang kanyang sarili na nananahan sa isang katawang-taong may laman. Sa loob ng napakaraming taon, nililintang na Ako ng mga tao, itinuturing Akong isang panauhing tagalabas. Napakaraming beses....” Itong “napakaraming beses” ay inililista ang mga realidad ng pagkontra ng tao sa Diyos, na nagpapakita sa mga tao ng mga tunay na halimbawa ng pagkastigo; patunay ito ng kasalanan, at hindi ito maaaring

pabulaanang muli ng sinuman. Ginagamit ng lahat ng tao ang Diyos na parang kung anong pang-araw-araw na bagay, na para Siyang kung anong kailangang-kailangan sa sambahayan na magagamit nila ayon sa gusto nila. Walang sinumang nagpapahalaga sa Diyos; walang sinumang nakasubok na alamin ang kariktan ng Diyos, ni ang Kanyang maluwalhating mukha, at lalo nang walang sinumang may layuning magpasakop sa Diyos. Ni wala pang sinumang nagturing sa Diyos bilang isang bagay na pinakamamahal sa kanilang puso; kinakaladkad Siya nilang lahat palabas kapag kailangan nila Siya, at iniitsa Siya sa isang tabi at hindi Siya pinapansin kapag hindi. Para sa tao, para bang isang tau-tauhan ang Diyos na maaaring manipulahin ng tao kung paano niya gusto, at hilingan kahit papaano niya gusto o hinahangad. Ngunit sabi ng Diyos, “Kung Ako, sa panahon ng Aking pagkakatawang-tao, ay hindi nakiramay sa kahinaan ng tao, buong sangkatauhan, dahil lamang sa Aking pagkakatawang-tao, ay natakot na sana nang husto at nahulog sa Hades dahil dito,” na nagpapakita kung gaano talaga kalaki ang kahalagahan ng pagkakatawang-tao ng Diyos. Naparito Siya upang lupigin ang sangkatauhan sa katawang-tao, sa halip na wasakin ang buong sangkatauhan mula sa espirituwal na dako. Sa gayon, nang maging tao ang Salita, walang nakaalam. Kung hindi nagmalasakit ang Diyos sa kahinaan ng tao, kung nabaligtad ang langit at lupa nang Siya ay maging tao, nalipol na sana ang lahat ng tao. Dahil likas sa mga tao na gustuhin ang bago at kamuhian ang luma, at madalas nilang malimutan ang masasamang panahon kapag mabuti ang takbo ng mga bagay-bagay, at walang isa man sa kanila ang nakakaalam kung gaano sila pinagpala, paulit-ulit silang pinaaalalahanan ng Diyos na kailangan nilang pahalagahan kung gaano pinagsikapang matamo ang ngayon; alang-alang sa kinabukasan, kailangang higit pa nilang pahalagahan ang ngayon, at, tulad ng isang hayop, hindi sila dapat umakyat nang mataas nang hindi kinikilala ang panginoon, at hindi maging mangmang tungkol sa mga pagpapalang kasama nila sa pamumuhay. Sa gayon, nagiging maganda ang asal ng mga tao, hindi na sila hambog o mayabang, at nalalaman nila na hindi totoo na mabuti ang likas na pagkatao ng tao, kundi na sumapit na ang awa at pagmamahal ng Diyos sa tao; natatakot silang lahat sa pagkastingo, kaya nga hindi na sila nangangahas na gumawa ng iba pa.

Kabanata 13

Kinamumuhian ng Diyos ang lahat ng inapo ng malaking pulang dragon, at mas namumuhi pa Siya sa malaking pulang dragon mismo: Ito ang pinagmumulan ng poot sa kaibuturan ng puso ng Diyos. Tila nais ng Diyos na ihagis ang lahat ng bagay na pag-aari ng malaking pulang dragon sa lawa ng apoy at asupre para sunugin ang mga ito hanggang sa maging abo. May mga pagkakataon pa na tila gustong iunat ng Diyos ang Kanyang kamay para personal na lipulin ito—iyon lamang ang maaaring makapawi ng

galit sa Kanyang puso. Bawat isang tao sa bahay ng malaking pulang dragon ay isang halimaw na walang pagkatao, at ito ang dahilan kaya matinding sinupil ng Diyos ang Kanyang galit para sabihin ang sumusunod: “Sa lahat ng Aking tao, at sa lahat ng Aking anak, ibig sabihin, sa lahat ng Aking hinirang mula sa buong sangkatauhan, kabilang kayo sa pinakamababang grupo.” Sinimulan na ng Diyos ang isang pangwakas na pakikibaka sa malaking pulang dragon sa sarili nitong bansa, at wawasakin Niya ito kapag natupad ang Kanyang plano, at hindi na Siya papayag na gawin nitong tiwali ang sangkatauhan o pinsalain ang kanilang kaluluwa. Bawat araw, nananawagan ang Diyos sa Kanyang nahihimbing na mga tao upang iligtas sila, subalit lahat sila ay nasa tulirong kalagayan, na para bagang nakainom sila ng pampatulog. Kung titigil ang Diyos sa pagpukaw sa kanila kahit isang sandali, babalik sila sa kanilang pagtulog, na lubos na walang naaalala. Tila lahat ng Kanyang tao ay paralisado ang 65 porsiyento ng katawan. Hindi nila alam ang sarili nilang mga pangangailangan o sarili nilang mga kakulangan, ni kung ano ang dapat nilang isuot o ano ang dapat nilang kainin. Sapat na ito upang ipakita na napakalaki ng pagsisikap na ginawa ng malaking pulang dragon para gawing tiwali ang mga tao. Ang kapangitan nito ay umaabot sa bawat rehiyon ng Tsina, at naligalig nito ang mga tao kaya ayaw na nilang manatili sa bulok at masagwang bansang ito. Ang higit na kinamumuhian ng Diyos ay ang diwa ng malaking pulang dragon, kaya nga, sa Kanyang galit, pinaaalalahanan Niya ang mga tao araw-araw, at nabubuhay ang mga tao araw-araw sa ilalim ng Kanyang galit na mata. Magkagayunman, hindi pa rin alam ng karamihan sa mga tao kung paano hanapin ang Diyos; sa halip, nakaupo sila roon, nakatunganga, naghihintay na pakainin sa palad. Kahit namamatay na sila sa gutom, hindi pa rin sila kusang maghahanap ng sarili nilang pagkain. Ang konsiyensya ng tao ay matagal nang ginawang tiwali ni Satanas at nagbago at naging walang-puso ang diwa nito. Kaya hindi nakakapagtaka na sinabi ng Diyos: “Kung hindi Ko pa kayo inudyukan, hindi pa kayo magigising, kundi mananatili pa rin kayong parang naninigas, at muli, na para bang tulog sa taglamig.” Para bang tulog na mga hayop ang mga tao, na nagpapalipas ng taglamig nang hindi nangangailangan ng pagkain o inumin; ito mismo ang kasalukuyang kundisyon ng mga tao ng Diyos. Dahil dito, hinihingi lamang ng Diyos na makilala ng mga tao ang Diyos na nagkatawang-tao Mismo sa liwanag; hindi Niya hinihingi na magbago nang husto ang mga tao, ni magkaroon sila ng malaking paglago sa kanilang buhay. Sapat na iyan para talunin ang marumi at nakakadiring malaking pulang dragon, sa gayon ay maipamalas pang lalo ang dakilang kapangyarihan ng Diyos.

Kapag binabasa ng mga tao ang mga salita ng Diyos, nauunawaan lamang nila ang literal na kahulugan ng mga ito, at wala silang kakayahang maintindihan ang espirituwal na kabuluhan ng mga ito. Ang mga salita lamang na “rumaragasang mga alon” ay nakalito na sa bawat bayani at kampeon. Kapag nagpapakita ng poot ang Diyos, hindi ba ang Kanyang mga salita, kilos, at disposisyon ang rumaragasang mga alon? Kapag hinahatulan ng Diyos ang buong sangkatauhan, hindi ba ito isang

paghahayag ng Kanyang poot? Hindi ba ito ang panahon na rumaragasa ang mga alon? Dahil sa kanilang katiwalian, sinong tao ang hindi nabubuhay sa gitna ng gayong rumaragasang mga alon? Sa madaling salita, sino ang hindi nabubuhay sa gitna ng poot ng Diyos? Kapag nais ng Diyos na magpadala ng malaking kapahamakan sa sangkatauhan, hindi ba iyon ang panahon na nakikita ng mga tao ang “marahas na paggalaw ng maiitim na ulap”? Anong tao ang hindi tumatakas mula sa malaking kapahamakan? Bumabagsak ang poot ng Diyos sa mga tao na parang malakas na buhos ng ulan at hinihipan ang mga tao na parang napakalakas na hangin. Lahat ng tao ay dinadalisyay sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos na para bang sinalubong ng umaalimpuyong bagyo ng niyebe. Pinakamahirap maarok ng sangkatauhan ang mga salita ng Diyos. Sa pamamagitan ng Kanyang mga salita, nilikha Niya ang mundo, at sa pamamagitan ng Kanyang mga salita, inaakay at dinadalisyay Niya ang buong sangkatauhan. At sa huli, ipanunumbalik ng Diyos ang kadalisan ng buong sansinukob sa pamamagitan ng Kanyang mga salita. Makikita sa lahat ng Kanyang sinasabi na ang pag-iral ng Espiritu ng Diyos ay hindi hungkag, at sa Kanyang mga salita lamang masusulyapan ng mga tao kung paano makaraos sa buhay. Iniingatan ng lahat ng tao ang Kanyang mga salita, sapagkat naglalaman ang mga ito ng panustos sa buhay. Habang mas nakatuon ang mga tao sa Kanyang mga salita, mas maraming tanong ang Diyos na inihaharap sa kanila—mga tanong na lumilito sa kanila at iniwan sila na walang pagkakataong sumagot. Ang sunud-sunod na mga tanong ng Diyos lamang ay sapat na para pagnilayan ng mga tao sa loob ng mahabang panahon, lalo na ang iba pa Niyang mga salita. Sa Diyos, lahat ay puno at sagana, at walang kulang. Gayunman, hindi masiyahan ang mga tao sa karamihan nito; ang alam lamang nila ay ang mababaw na bahagi ng Kanyang mga salita, na parang isang taong nakikita ang balat ng manok ngunit hindi makain ang karne nito. Nangangahulugan ito na salat ang kapalaran ng mga tao, kaya hindi nila matamasa ang Diyos. Bawat tao, sa kanilang mga kuru-kuro, ay may sariling imahe ng Diyos, kaya nga walang sinumang nakakaalam kung ano ang malabong Diyos, o kung ano ang imahe ni Satanas. Samakatuwid, nang sabihin ng Diyos na, “Sapagkat ang pinaniniwalaan mo ay imahe lamang ni Satanas at walang anupamang kinalaman sa Diyos Mismo,” lahat ay napipi: Maraming taon na silang nanampalataya, subalit hindi nila alam na ang kanilang pinaniwalaan ay si Satanas, hindi ang Diyos Mismo. Bigla silang nakadama ng kahungkagan ng kalooban, ngunit hindi nila alam kung ano ang sasabihin. Sa gayon ay nagsimula silang malitong muli. Sa paggawa lamang sa ganitong paraan maaaring higit na tanggapin ng mga tao ang bagong liwanag at sa gayon ay tanggihan ang mga lumang bagay. Gaano man kaganda sa tingin ang mga bagay na iyon, hindi iyon maaari. Mas kapaki-pakinabang na maunawaan ng mga tao ang praktikal na Diyos Mismo; dahil dito ay nagagawa nilang alisin sa kanilang puso ang katayuang pinananatili ng kanilang mga kuru-kuro roon, at Diyos lamang Mismo ang pinahihintulutan nilang mag-okupa roon. Sa ganitong paraan lamang makakamit ang

kabuluhan ng pagkakatawang-tao, kaya nagagawa ng mga tao na makilala ang praktikal na Diyos Mismo ng kanilang pisikal na mga mata.

Maraming beses nang sinabi ng Diyos sa mga tao ang tungkol sa sitwasyon ng espirituwal na mundo: “Kapag humaharap sa Akin si Satanas, hindi Ako napapaurong mula sa malupit na kabangisan nito, ni hindi Ako natatakot sa kapangitan nito: binabalewala Ko lamang ito.” Ang naunawaan ng mga tao mula rito ay ang kundisyon lamang ng realidad; hindi nila alam ang katotohanan ng espirituwal na mundo. Dahil ang Diyos ay naging tao, ginamit na ni Satanas ang lahat ng uri ng pagpapatayang, sa pag-asang maatake ang Diyos sa gayong paraan. Gayunman, hindi umaatras ang Diyos; nagsasalita at gumagawa lamang Siya sa sangkatauhan, at tinutulutan ang mga tao na makilala Siya sa pamamagitan ng Kanyang nagkatawang-taong laman. Namumula ang mga mata ni Satanas sa matinding galit dito, at nag-ukol ng matinding pagsisikap na gawing negatibo, umatras, at maligaw pa ng landas ang mga tao ng Diyos. Gayunman, dahil sa epekto ng mga salita ng Diyos, ganap na nabigo si Satanas, na nakakaragdag sa kabangisan nito. Samakatuwid, ipinapaalala ng Diyos sa lahat, “Sa inyong buhay, maaaring dumating ang araw na mahaharap ka sa gayong sitwasyon: Papayag ka bang maging bihag mismo ni Satanas, o hahayaan mo Akong makamit ka?” Bagama’t walang malay ang mga tao sa nangyayari sa espirituwal na mundo, sa sandaling marinig nila ang gayong mga salita mula sa Diyos, nagiging maingat at natatakot sila. Tinatalo nito ang mga pag-atake ni Satanas, na sapat na upang ipakita ang kaluwalhatian ng Diyos. Sa kabila ng matagal na nilang pagpasok sa isang bagong pamamaraan ng gawain, hindi pa rin nalilinawan ang mga tao tungkol sa buhay sa kaharian, at kahit nauunawaan nila ito, hindi ito malinaw sa kanila. Samakatuwid, matapos maglabas ng babala sa mga tao, ipinakilala sa kanila ng Diyos ang diwa ng buhay sa kaharian: “Ang buhay sa kaharian ay ang buhay ng mga tao at ng Diyos Mismo.” Dahil nagkatawang-tao ang Diyos Mismo sa laman, nagkatotoo ang buhay sa ikatlong langit sa lupa. Hindi lamang ito plano ng Diyos—napangyari Niya ito. Sa paglipas ng panahon, mas nakikilala ng mga tao ang Diyos Mismo, at sa gayon ay mas natitikman nila ang buhay sa langit, sapagkat tunay nilang nadarama na ang Diyos ay nasa lupa, kaysa isa lamang malabong Diyos sa langit. Sa gayon, ang buhay sa lupa ay gaya ng sa langit. Ang realidad ay na natitikman ng Diyos na nagkatawang-tao ang kapaitan ng mundo ng tao, at habang mas natitikman Niya ito, mas napapatunayan nito na Siya ang praktikal na Diyos Mismo. Samakatuwid, ang mga salitang, “Sa Aking tirahan, na siyang lugar kung saan Ako nakatago—magkagayunman, sa Aking tirahan, natalo Ko na ang lahat ng Aking kaaway; sa Aking tirahan, nagtamo na Ako ng tunay na karanasan ng pamumuhay sa lupa; sa Aking tirahan, pinagmamasdan Ko ang bawat salita at kilos ng tao, at binabantayan at pinamamahalaan ang buong sangkatauhan” ay sapat nang patunay ng katotohanan na ang Diyos ng ngayon ay praktikal. Aktwal na nabubuhay sa katawang-tao, aktwal na nararanasan ang buhay ng tao sa loob ng katawang-tao, aktwal na nauunawaan ang buong sangkatauhan sa loob ng katawang-tao,

aktwal na nilulupig ang sangkatauhan sa loob ng katawang-tao, aktwal na nagtataguyod ng pangwakas na pakikibaka laban sa malaking pulang dragon sa loob ng katawang-tao, at ginagawa ang lahat ng gawain ng Diyos sa loob ng katawang-tao—hindi ba ito ang mismong pag-iral ng praktikal na Diyos Mismo? Subalit bihirang-bihirang magkaroon ng mga tao na nakikita ang mensahe sa mga ordinaryong salitang sinambit ng Diyos; pahapyaw lamang nila itong binabasa, at hindi nila nadarama ang kahalagahan o pagiging bihira ng mga salita ng Diyos.

Napakahusay magpalit ng mga salita ng Diyos. Ang pariralang, “habang nakahigang walang-malay ang sangkatauhan,” ay naglalarawan sa Diyos Mismo at ginagawa itong isang paglalarawan ng kalagayan ng buong sangkatauhan. Dito, ang “mga pagsabog ng malamig na liwanag” ay hindi kumakatawan sa kidlat ng Silangan; sa halip, nangangahulugan itong mga salita ng Diyos, ibig sabihin ay ang Kanyang bagong pamamaraan ng paggawa ng gawain. Kaya, nakikita rito ng isang tao ang lahat ng uri ng galaw ng tao: Matapos pumasok sa bagong pamamaraan, nawawalan ng direksyon ang lahat ng tao, at hindi nila alam kung saan sila nanggaling ni hindi nila alam kung saan sila papunta. Ang “karamihan sa mga tao ay tinatamaan ng mga sinag na parang laser” ay tumutukoy sa mga inalis sa bagong pamamaraan; sila yaong mga hindi matiis ang mga pagsubok o makayanan ang pagpipino ng pagdurusa, at sa gayon ay minsan pang itinatapon sa walang hanggang hukay. Inilalantad ng mga salita ng Diyos ang sangkatauhan hanggang sa tila natatakot ang mga tao kapag nakikita nila ang mga salita ng Diyos, at hindi sila nangangahas na magsabi ng anuman, na para bang nakakita sila ng isang masingsan na nakatutok sa kanilang puso. Gayunman, nadarama rin nila na may mabubuting bagay sa mga salita ng Diyos. May malaking pagtatalo sa kanilang puso, at hindi nila alam kung ano ang dapat nilang gawin. Gayunman, dahil sa kanilang pananampalataya, pinatatatag lamang nila ang kanilang sarili at lalong sinasaliksik ang Kanyang mga salita, sapagkat nangangamba sila na baka pababayaang sila ng Diyos. Tulad ng sabi ng Diyos, “Sino sa sangkatauhan ang hindi umiiral sa ganitong kalagayan? Sino ang hindi umiiral sa loob ng Aking liwanag? Kahit malakas ka, o bagama’t maaaring mahina ka, paano mo maiiwasan ang pagdating ng Aking liwanag?” Kung ginagamit ng Diyos ang isang tao, kahit mahina sila, paliliwanagin at liliwanagan pa rin sila ng Diyos sa Kanyang pagkastigo; kaya, habang lalong binabasa ng mga tao ang mga salita ng Diyos, lalo nila Siyang nauunawaan, lalo nila Siyang pinagpipitaganan, at lalo silang hindi nangangahas na magpadalus-dalos. Nakarating ang mga tao sa kinaroroonan nila ngayon dahil sa dakilang kapangyarihan ng Diyos. Dahil sa awtoridad ng Kanyang mga salita—ibig sabihin, ito ang resulta ng Espiritu sa Kanyang mga salita—kaya may takot ang mga tao sa Diyos. Habang inihahayag ng Diyos ang tunay na mukha ng sangkatauhan, mas namamangha sila sa Kanya, at sa gayon ay nagiging mas tiyak sila sa realidad ng Kanyang pag-iral. Ito ang parola ng sangkatauhan sa landas ng pag-unawa sa Diyos, isang daanan na naibigay Niya sa kanila. Isipin ninyo itong mabuti: Hindi ba totoo ito?

Hindi ba ang sinabi sa itaas ang parolang nasa unahan ng sangkatauhan na tumatanglaw sa kanyang landas?

Kabanata 14

Hindi kailanman naarok ng mga tao ang anumang bagay mula sa mga salita ng Diyos. Sa halip, paimbabaw lamang nilang “pinahalagahan” ang mga ito, nang hindi inuunawa ang tunay na kahulugan ng mga ito. Samakatuwid, bagama’t kinagigiliwan ng karamihan sa mga tao ang Kanyang mga pagbigkas, itinuturo ng Diyos na hindi nila talaga pinahalagahan ang mga ito. Ito ay dahil, sa pananaw ng Diyos, kahit kayamanan ang Kanyang mga salita, hindi pa natikman ng mga tao ang tunay na tamis ng mga ito. Sa gayon, maaari lamang nilang “pawiin ang kanilang uhaw sa pag-iisip sa mga plum,” sa gayon ay humuhupa ang sakim nilang puso. Hindi lamang gumagawa ang Espiritu ng Diyos sa lahat ng tao, kundi pinagkakalooban din sila, siyempre pa, ng kaliwanagan mula sa salita ng Diyos; napakabulagsak lamang nila para tunay na mapahalagahan ang pinakadiwa nito. Sa isipan ng mga tao, ngayon mismo ang kapanahunan kung kailan lubos na natutupad ang kaharian, ngunit sa diwa, hindi ito ang nangyayari. Bagama’t ang ipinopropesiya ng Diyos ay ang Kanyang naisakatuparan, hindi pa lubusang nakarating sa lupa ang aktwal na kaharian. Sa halip, habang nagbabago ang sangkatauhan, habang sumusulong ang gawain, at lumalabas ang kidlat sa Silangan—ibig sabihin, habang lumalalim ang salita ng Diyos—dahan-dahang matutupad ang kaharian sa lupa, unti-unti ngunit ganap na bababa sa mundong ito. Ang proseso ng pagdating ng kaharian ay ang proseso rin ng banal na gawain sa lupa. Samantala, sa buong sansinukob, nasimulan na ng Diyos ang isang gawaing hindi pa nagagawa sa lahat ng kapanahunan sa buong kasaysayan: upang muling ayusin ang daigdig sa kabuuan nito. Halimbawa, napakalalaking mga pagbabago ang nangyayari sa buong sansinukob, kabilang na ang mga pagbabago sa Estado ng Israel, ang kudeta sa Estados Unidos ng Amerika, ang mga pagbabago sa Ehipto, ang mga pagbabago sa Soviet Union, at ang pagbagsak ng Tsina. Kapag napanatag at napanumbalik na sa normal ang buong sansinukob, makukumpleto na ang gawain ng Diyos sa lupa; iyon ang panahon na darating ang kaharian sa lupa. Ito ang tunay na kahulugan ng mga salitang, “Kapag nagambala ang lahat ng bansa ng daigdig, iyon mismo ang oras na itatatag at huhubugin ang Aking kaharian, pati na kung kailan Ako magbabagong-anyo at babaling upang harapin ang buong sansinukob.” Walang itinatago ang Diyos mula sa sangkatauhan; patuloy Niyang nasasabi sa mga tao ang Kanyang buong kasaganaan—subalit hindi nila maipaliwanag kung ano ang ibig Niyang sabihin, at tinatanggap lamang nila ang Kanyang salita na parang mga hangal. Sa yugtong ito ng gawain, natutuhan ng mga tao ang pagiging di-maarok ng Diyos at, bukod pa roon, napapahalagahan na nila ngayon ang hrap ng gawaing unawain Siya; dahil dito, nadama nila na sa mga

panahong ito, ang paniniwala sa Diyos ang pinakamahirap gawin, katulad ng pagtuturo sa isang baboy na kumanta. Ganap silang walang magawa, tulad ng mga dagang naipit sa isang bitag. Tunay ngang gaano man kalaki ang kapangyarihan ng isang tao o gaano man kabihasa ang kasanayan ng isang tao, o wala mang limitasyon ang mga kakayahan ng isang tao, pagdating sa salita ng Diyos, walang kabuluhan ang gayong mga bagay. Para bang ang sangkatauhan ay isang tumpok lamang ng abo ng nasunog na papel sa mga mata ng Diyos—ganap na walang anumang halaga, lalo nang walang anumang silbi. Isa itong perpektong paglalarawan ng tunay na kahulugan ng mga salitang, “Mas lalo Akong naging tago, mula sa kanilang pananaw, at lalong hindi maarok.” Mula rito maliwanag na sumusunod ang gawain ng Diyos sa isang likas na pagpapatuloy, at isinasagawa ayon sa kayang tanggapin ng mga bahaging pang-unawa ng tao. Kapag matatag at hindi natitinag ang likas na pagkatao ng sangkatauhan, ganap na umaalinsunod sa kanilang mga kuru-kuro ang mga salitang sinasabi ng Diyos, at ang mga kuru-kuro na ito ay tila halos kapareho ng sa Diyos, nang walang anuman ni katiting na pagkakaiba. Medyo ipinababatid nito sa mga tao ang “realidad ng Diyos,” ngunit hindi iyan ang Kanyang pangunahing layunin. Tinutulutan ng Diyos ang mga tao na pumanatag bago pormal na simulan ang Kanyang tunay na gawain sa lupa. Samakatuwid, sa pagsisimulang ito na lubhang nakalilito para sa mga tao, napagtatanto nila na mali ang dati nilang mga ideya, at na magkaiba ang Diyos at ang sangkatauhan na tulad ng langit at lupa, at ni hindi man lamang magkapareho. Dahil hindi na masusuri ang mga salita ng Diyos batay sa mga kuru-kuro ng tao, agad sinimulan ng mga tao na tingnan ang Diyos sa isang bagong pananaw; dahil dito, tinititigan nila ang Diyos nang may pagkamangha, na parang ang praktikal na Diyos ay hindi malalapitan na tulad ng isang Diyos na hindi nakikita at hindi nahihipo, at na parang ang katawan ng Diyos na nagkatawang-tao ay panlabas na anyo lamang, at wala ang Kanyang kakanyahan. Bagama’t Siya ay isang pagkakatawang-tao ng Espiritu, maaari Siyang bumalik sa anyong Espiritu at lumutang palayo anumang oras; sa gayon ay nagkaroon ng medyo maingat na kaisipan ang mga tao. Kapag nababanggit ang Diyos, inilalarawan nila Siya ayon sa kanilang mga kuru-kuro, sinasabi na maaari Siyang sumakay sa mga ulap at hamog, lumakad sa tubig, at biglang lumitaw at maglaho sa gitna ng mga tao. Ang ilang iba pa ay may mas marami pang naglalarawang paliwanag. Dahil sa kamangmangan at kawalan ng kabatiran ng mga tao, sinabi ng Diyos, “Kapag naniniwala sila na nalabanan nila Ako o nalabag nila ang Aking mga atas administratibo, hindi Ko pa rin sila pinapansin.”

Inihahayag ng Diyos nang may katumpakan ang pangit na mukha ng sangkatauhan at ang kanilang sariling mundo, nang hindi nagmimintis ni katiting sa nais Niyang tukuyin. Masasabi pa nga na hindi Siya nakakagawa ng kahit anong pagkakamali. Ito ay katunayang lubos na nakakukumbinsi sa mga tao. Dahil sa prinsipyo sa likod ng gawain ng Diyos, marami sa Kanyang mga salita at gawa ang nag-iiwan ng impresyon na imposibleng burahin, at sa gayon ay tila nagtatamo ang mga tao ng mas malalim

pang pagkaunawa tungkol sa Kanya, na parang nakatuklas sila sa Kanya ng mga bagay na mas mahalaga. “Sa kanilang alaala, Ako ay isang Diyos na nagpapakita ng awa sa mga tao sa halip na kumakastigo sa kanila, o kaya ay Ako ang Diyos Mismo na hindi seryoso sa Kanyang sinasabi. Lahat ng ito ay mga imahinasyong bunga ng pag-iisip ng tao, at hindi naaayon sa mga katotohanan.” Bagama’t hindi kailanman pinahalagahan ng sangkatauhan ang tunay na mukha ng Diyos, alam nila “ang gilid na panig ng Kanyang disposisyon” na gaya ng likod ng kanilang mga kamay; lagi nilang hinahanapan ng butas ang mga salita at aksyon ng Diyos. Ito ay dahil laging handa ang mga tao na bigyang-pansin ang mga negatibong bagay, at balewalain ang mga positibo, na hinahamak lamang ang mga gawa ng Diyos. Habang lalong sinasabi ng Diyos na mapagkumbaba Niyang itinatago ang Kanyang Sarili sa Kanyang tirahan, lalong lumalaki ang mga hinihiling sa Kanya ng sangkatauhan. Sinasabi nila: “Kung inoobserbahan ng Diyos na nagkatawang-tao ang bawat gawa ng sangkatauhan at nararanasan ang buhay ng tao, bakit halos palaging hindi alam ng Diyos ang ating aktwal na sitwasyon? Nangangahulugan ba ito na talagang nakatago ang Diyos?” Bagama’t tinitingnan ng Diyos ang kaibuturan ng puso ng tao, gumagawa pa rin Siya ayon sa aktwal na mga kundisyon ng sangkatauhan, na hindi malabo ni hindi higit-sa-karaniwan. Upang ganap na maalís sa sangkatauhan ang kanilang dating disposisyon, puspusang nagsikap ang Diyos na magsalita mula sa iba’t ibang pananaw, na inilalantad ang tunay na likas na pagkatao ng mga tao, at nagpapahayag ng paghatol sa kanilang pagsuway, sa isang sandali ay nagsasabing pakikitunguhan Niya ang lahat, at sa susunod ay nagpapahayag na ililigtas Niya ang isang grupo ng mga tao; nagtatakda man ng mga kinakailangan sa sangkatauhan o nagbababala sa kanila; at halinhinang sinusuri ang kanilang mga nilolooob at naglalaan ng lunas. Sa gayon, sa ilalim ng patnubay ng mga salita ng Diyos, parang nakapaglakbay ang sangkatauhan sa bawat sulok ng daigdig at nakapasok sa isang saganang hardin kung saan bawat bulaklak ay nakikipagpaligsahan na siyang pinakamaganda. Anuman ang sinasabi ng Diyos papasok ang sangkatauhan sa Kanyang salita, na para bang ang Diyos ay isang batubalaning humila sa anumang bagay na may bakal palapit dito. Nang mabasa ang mga salitang, “Hindi Ako pinakikinggan ng mga tao, kaya hindi Ko rin sila sineseryoso. Hindi nila Ako pinapansin, kaya hindi Ko rin kailangang higit pang magpakapagod sa kanila. Hindi ba ito ang pinakamasaya sa dalawang sitwasyong ito?” tila muling bumagsak ang lahat ng tao ng Diyos sa walang-hanggang kalaliman, o minsan pang tinamaan sa kanilang mahalagang bahagi, na iniwan silang lubos na natitigilan. Sa gayon, muli silang pumapasok sa pamamaraan. Lalo silang nalilito tungkol sa mga salitang, “Kung hindi ninyo matupad ang inyong mga tungkulin bilang mga miyembro ng Aking mga tao sa kaharian, kamumuhian at tatanggihan Ko kayo!” Lubhang nasasaktan ang karamihan sa mga tao kaya naiiyak sila, na nag-iisip na, “Nahirapan akong makaahon mula sa walang-hanggang kalaliman, kaya wala na akong pag-asa man lamang kung mahulog man akong muli roon. Wala akong napala sa mundo ng tao, at sumailalim na ako sa lahat ng uri ng hira at pagdurusa sa

buhay ko. Lalo na, mula nang manampalataya ako, nakaranas na akong talikuran ng mga mahal sa buhay, usigin ng aking pamilya, at siraang-puri ng iba pa sa lipunan, at hindi ako nagtamasa ng anumang kaligayahan sa mundo. Kung muli akong mahuhulog sa walang-hanggang kalaliman, hindi ba lalo pa akong walang mapapala sa aking buhay?” (Habang lalo itong pinag-iisipan ng tao, lalo silang nalulungkot.) “Lahat ng pag-asa ko ay naipagkatiwala ko na sa mga kamay ng Diyos. Kung pababayaang Niya ako, mabuti pang mamatay na ako ngayon mismo.... Kunsabagay, lahat ay itinadhana ng Diyos, kaya maaari ko lamang ngayong hangarin na mahalin ang Diyos; lahat ng iba pa ay hindi na gaanong mahalaga. Bakit ito ang kapalaran ko?” Habang lalong nag-iisip ang mga tao nang ganito, lalo silang nalalapit sa pamantayan ng Diyos at sa layunin ng Kanyang mga salita. Sa ganitong paraan, nakakamit ang layunin ng Kanyang mga salita. Matapos makita ng mga tao ang Kanyang mga salita, nagtatalo ang kalooban nilang lahat tungkol sa ideyang ito. Ang tanging pagpipilian nila ay magpasakop sa ididikta ng kapalaran, at sa ganitong paraan ay nakakamit ang layunin ng Diyos. Habang mas malupit ang mga salita ng Diyos, mas kumplikado ang sariling mundo ng mga tao dahil dito. Katulad lamang ito ng paghipo sa sugat; habang mas madiin ang paghipo rito, mas masakit ito, hanggang sa punto na mag-agaw-buhay sila at maaari pang mawalan ng pag-asang mabuhay. Sa gayon, kapag napakalubha ng pagdurusa ng mga tao at walang-wala nang pag-asa, saka lamang nila naibibigay ang kanilang tunay na puso sa Diyos. Ang likas na pagkatao ng tao ay na kung may katiting na pag-asa pang natitira, hindi sila hihingi ng tulong sa Diyos, ngunit sa halip ay gagamit sila ng sarili nilang sapat na mga pamamaraan upang likas na manatiling buhay. Ito ay dahil ang likas na pagkatao ng sangkatauhan ay mapagmagaling, at mahilig ang mga tao na manghamak sa lahat ng iba pa. Samakatuwid, sinabi ng Diyos: “Walang isa mang tao na nagawang mahalin din Ako habang nagiginhawahan; walang isa mang tao na lumapit sa mga panahon ng kapayapaan at kaligayahan, upang makabahagi Ako sa kanilang kagalakan.” Nakakadismaya talaga ito; nilalang ng Diyos ang sangkatauhan, ngunit kapag pumaparito Siya sa mundo ng tao, hinahangad ng mga tao na labanan Siya at itaboy palayo sa kanilang teritoryo, na para bang kung sino lamang Siyang ulilang palaboy-laboy sa buong mundo, o gaya ng isang taong mundo na walang bansa. Walang sinumang nakadarama na nakakapit sila sa Diyos, walang tunay na nagmamahal sa Kanya, at walang sinumang tumanggap sa Kanyang pagdating. Sa halip, kapag nakikita ang pagdating ng Diyos, tinatakpan ng mga ulap ang masasayang mukha sa dilim sa isang kisap-mata, na parang parating ang isang biglaang bagyo o para bang baka agawin ng Diyos ang kaligayahan ng kanilang pamilya, na parang hindi kailanman napagpala ng Diyos ang mga tao kundi, sa halip, naghatid lamang sa kanila ng kasawian. Samakatuwid, sa isipan ng mga tao, ang Diyos ay hindi isang pagpapala, kundi sa halip ay Isa na laging sumusumpa sa kanila. Dahil dito, hindi Siya pinakikinggan o tinatanggap ng mga tao; palagi silang malamig sa Kanya, at ganito iyon palagi. Dahil nakatanim ang mga bagay na ito sa puso ng mga tao, sinasabi ng Diyos na ang

sangkatauhan ay hindi makatwiran at imoral, at na kahit ang mga damdaming dapat sana'y mayroon ang mga tao ay hindi madama sa kanila. Hindi nagpapakita ng anumang konsiderasyon ang mga tao sa damdamin ng Diyos, kundi sa halip ay ginagamit nila ang tinatawag na "pagkamatuwid" upang pakitunguhan ang Diyos. Ganito na sila sa loob ng maraming taon at, dahil dito, sinabi na ng Diyos na hindi pa nagbabago ang kanilang disposisyon. Nagpapakita ito na wala na silang sangkap maliban sa sandakot na balahibo. Masasabi na mga walang-kuwentang walanghiya ang mga tao, sapagkat hindi nila pinahahalagahan ang kanilang sarili. Kung hindi man lamang nila mahal ang kanilang sarili, sa halip ay niyuyurakan nila ang kanilang sarili, hindi ba ito nagpapakita na wala silang kuwenta? Ang sangkatauhan ay parang isang imoral na babae na nakikipaglaro sa kanyang sarili at kusang-loob na ibinibigay ang kanyang sarili sa iba para halayin. Magkagayunman, hindi pa rin alam ng mga tao kung gaano sila kahamak. Nasisiyahan sila sa pagtatrabaho para sa iba o sa pakikipag-usap sa iba, na inilalagay ang kanilang sarili sa ilalim ng kontrol ng iba; hindi ba ito mismo ang karumihan ng sangkatauhan? Bagama't hindi pa Ako nakaranas ng buhay sa piling ng sangkatauhan, at hindi Ko pa talaga naranasan ang buhay ng tao, nagtamo na Ako ng napakalinaw na pagkaunawa tungkol sa bawat galaw, bawat kilos, bawat salita, at bawat gawang ginagawa ng mga tao. Nagagawa Ko pa ngang ilantad ang mga tao sa kanilang pinakamalalim na kahihiyan, hanggang sa puntong hindi na sila nangangahas na ihayag ang sarili nilang pakikipagsabwatan o bigyang-daan ang kanilang pagnanasa. Tulad ng mga susong umaatras papasok sa bahay ng mga ito, hindi na sila nangangahas na ilantad ang sarili nilang pangit na kalagayan. Dahil hindi kilala ng sangkatauhan ang kanilang sarili, ang pinakamalaki nilang kapintasan ay ang kusang-loob nilang iparada ang kanilang mga alindog sa harap ng iba, na ipinapasikat ang pangit nilang mukha; ito ay isang bagay na lubos na kinamumuhian ng Diyos. Ito ay dahil ang mga relasyon sa pagitan ng mga tao ay abnormal, at walang normal na pakikipag-kapwa-tao sa pagitan ng mga tao, lalo nang walang normal na relasyon sa pagitan nila at ng Diyos. Napakarami nang nasabi ng Diyos at, sa paggawa nito, ang Kanyang pangunahing layunin ay ang magkaroon ng puwang sa puso ng mga tao upang maalís nila sa kanilang sarili ang lahat ng idolong nananahan sa kanilang puso. Pagkatapos niyon, maaari nang gumamit ng kapangyarihan ang Diyos sa buong sangkatauhan, at makamit ang layunin ng Kanyang pag-iral sa lupa.

Kabanata 15

Ang pinakamalaking pagkakaiba sa pagitan ng Diyos at ng tao ay na ang mga salita ng Diyos ay palaging dumidiretso sa pinakasentro ng usapin, na walang itinatago. Sa gayon, makikita ang aspetong ito ng disposisyon ng Diyos sa unang pangungusap ngayong araw. Agad nitong inilalantad ang tunay na kulay ng tao at hayagang

ibinubunyag ang disposisyon ng Diyos. Ito ang pinagmumulan ng ilang aspeto ng kakayahan ng mga salita ng Diyos na magtamo ng mga resulta. Gayunman, hindi ito maunawaan ng mga tao; lagi silang dumarating para lamang makilala ang kanilang sarili sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos, nang hindi “nasusuri” ang Diyos. Parang takot silang magkasala sa Kanya o na papatayin Niya sila dahil sa kanilang “pagkaseryoso.” Sa katunayan, kapag kumakain at umiinom ng salita ng Diyos ang karamihan sa mga tao, ginagawa nila ito mula sa isang negatibong pananaw, hindi sa positibo. Masasabi na nagsimula na ngayon ang mga tao na “magtuon sa pagpapakumbaba at pagpapasakop” sa ilalim ng patnubay ng Kanyang mga salita. Mula rito, maliwanag na nagsimula nang maging labis ang mga tao sa isa pang aspeto—mula sa hindi pagpansin sa Kanyang mga salita tungo sa labis na pagpansin sa mga ito. Gayunman, wala pa ni isang tao ang nakapasok mula sa isang positibong pananaw, ni wala pang sinumang tunay na nakaintindi sa mithiin ng Diyos na hikayatin ang mga tao na bigyang-pansin ang Kanyang mga salita. Nalaman mula sa sinasabi ng Diyos na hindi Niya kailangang maranasan nang personal ang buhay ng iglesia para maunawaan, nang tumpak at walang mali, ang aktwal na mga kalagayan ng lahat ng taong naroon. Dahil nakapasok pa lamang sila sa isang bagong pamamaraan, kailangan pang lubusang alisin ng mga tao sa sarili nila ang kanilang mga negatibong elemento; sumisingaw pa rin ang amoy ng mga bangkay sa buong iglesia. Para bang kaiinom pa lamang ng gamot ng mga tao at hilo pa rin, at sila ay hindi pa lubos na nagkakamalay. Para bang may banta pa rin ng kamatayan sa kanila, kaya nga, nasa gitna pa rin ng takot, hindi nila mapangibabawan ang kanilang sarili. “Ang mga tao ay pawang mga nilalang na hindi kilala ang sarili”: Nakabatay pa rin ang pagkasabi sa pahayag na ito sa pagtatayo ng iglesia. Sa kabila ng katotohanan na binibigyang-pansin ng lahat ng tao sa iglesia ang mga salita ng Diyos, nananatiling nakabaon nang malalim ang kanilang likas na pagkatao, at hindi mawala-wala. Kaya nga nangusap ang Diyos sa paraang ginawa Niya sa naunang yugto upang hatulan ang mga tao, upang makaya nilang tanggapin ang paghampas ng Kanyang mga salita sa gitna ng kanilang kahambugan. Bagama’t sumailalim ang mga tao sa limang buwan ng pagpipino sa walang hanggang hukay, hindi pa rin nila kilala ang Diyos sa aktwal na kalagayan nila. Masasama pa rin sila; naging mas nag-iingat lamang sila sa Diyos. Ang hakbang na ito ang unang tamang hakbang na ginagawa ng mga tao sa landas ng pag-alam sa mga salita ng Diyos; sa gayon, sa pag-ugnay sa diwa ng mga salita ng Diyos, hindi mahirap makita na ang naunang bahagi ng gawain ang nagbukas ng daan para sa ngayon, at na ngayon lamang naging normal ang lahat. Ang nakamamatay na kahinaan ng mga tao ay ang hilig nilang ihiwalay ang Espiritu ng Diyos mula sa Kanyang sariling laman upang magkamit ng personal na kalayaan at hindi palaging napipigilan. Ito ang dahilan kaya inilalarawan ng Diyos ang mga tao bilang munting mga ibon “na masayang lumilipad-lipad.” Ito ang aktwal na kalagayan ng buong sangkatauhan. Ito ang dahilan kaya napakadaling ibuwal ng lahat ng tao, at ito ang lugar kung saan pinakamalamang na maligaw sila ng landas. Maliwanag dito na ang gawain

ni Satanas sa sangkatauhan ay wala nang iba kundi ang gawaing ito lamang. Kapag mas maraming ginagawa si Satanas sa mga tao, mas mahigpit ang mga ipinagagawa ng Diyos sa kanila. Inuutusan Niya ang mga tao na iukol ang kanilang pansin sa Kanyang mga salita, samantalang nagpapakahirap si Satanas na sirain ito. Gayunman, palagi nang pinaaalalahanan ng Diyos ang mga tao na mas lalong bigyang-pansin ang Kanyang mga salita; ito ang rurok ng digmaang nagngangalit sa espirituwal na mundo. Masasabi ito sa ganitong paraan: Ang nais gawin ng Diyos sa tao ang mismong nais wasakin ni Satanas, at ang nais wasakin ni Satanas ay ipinapahayag sa pamamagitan ng tao, na lubos na nakalantad. May malilinaw na halimbawa ng ginagawa ng Diyos sa mga tao: Bumubuti nang bumubuti ang kanilang kundisyon. May malilinaw ring kumakatawan sa pagwasak ni Satanas sa sangkatauhan: Pasama sila nang pasama, at lalo pang lumulubog ang kanilang kundisyon. Kapag sapat na ang pagkagrabe ng kanilang sitwasyon, malamang na mabihag sila ni Satanas. Ito ang aktwal na kundisyon ng iglesia, ayon sa nakalahad sa mga salita ng Diyos, at ito rin ang aktwal na sitwasyon ng espirituwal na mundo. Ito ang larawan ng dinamika ng espirituwal na mundo. Kung walang tiwala ang mga tao na makipagtulungan sa Diyos, nanganganib silang mabihag ni Satanas. Totoo ito. Kung talagang kaya ng mga tao na ialay nang lubusan ang kanilang mga puso upang matahanan ng Diyos, katulad lamang iyon ng nasabi ng Diyos, “Sila, kapag nasa Aking harapan, tila yakap-yakap Ko, na tinitikman ang init nito.” Ipinapakita nito na ang mga ipinagagawa ng Diyos sa sangkatauhan ay hindi mahirap; kailangan lamang Niya silang bumangon at makipagtulungan sa Kanya. Hindi ba madali at masaya ang bagay na ito? Ito ba ang isang bagay na nakalito sa bawat bayani at dakilang tao? Parang napitas ang mga heneral mula sa lugar ng digmaan at sa halip ay pinaggantsilyo na lamang—ang mga “bayani” na ito ay hindi na makakilos sa hiras, at hindi nila alam kung ano ang gagawin.

Alinmang aspeto ng mga ipinagagawa ng Diyos sa sangkatauhan ang pinakamatindi, iyon ang aspeto kung saan magiging pinakamabagsik ang mga pag-atake ni Satanas sa sangkatauhan, at sa gayon, ang mga kalagayan ng lahat ng tao ay ibinubunyag alinsunod dito. “Sino sa inyo na nakatayo sa Aking harapan ang magiging dalisay na katulad ng pinaspas na niyebe at walang-dungis na katulad ng jade?” Niloloko pa rin ng lahat ng tao ang Diyos at itinatago ang mga bagay-bagay mula sa Kanya; isinasagawa pa rin nila ang sarili nilang natatanging mga pakana. Hindi pa nila lubusang ibinibigay ang puso nila sa mga kamay ng Diyos upang palugurin Siya, subalit nais nilang makamit ang Kanyang mga gantimpala sa pamamagitan ng pagiging masigasig. Kapag kumakain ang mga tao ng masarap na pagkain, isinasantabi nila ang Diyos, iniiwan Siyang nakatayo roon, naghihintay na “masilbihan”; kapag maganda ang pananamit ng mga tao, tumatayo sila roon sa harap ng salamin, nasisiyahan sa sarili nilang kagandahan, at sa kaibuturan ng kanilang puso, hindi nila napapalugod ang Diyos. Kapag mayroon silang katayuan, kapag nagtatamasa sila ng maluluhong bagay, umuupo sila roon sa tuktok ng kanilang katayuan at nagsisimulang tamasahin iyon, subalit hindi sila

nagpapakumbaba ng kanilang sarili bilang resulta ng pag-aangat ng Diyos. Sa halip, sila ay tumatayo sa kanilang matataas na lugar, sumasambit ng kanilang mararangyang salita, at hindi binibigyang-pansin ang presensya ng Diyos, ni hindi nila hinahangad na malaman ang Kanyang kahalagahan. Kapag may iniidolo ang mga tao sa kanilang puso, o kapag naagaw na ng iba ang kanilang puso, nangangahulugan ito na tinanggihan na nila ang presensya ng Diyos, na para bang nanghihimasok lamang Siya sa kanilang puso. Natatakot sila na nanakawin ng Diyos ang pagmamahal ng iba sa kanila, at sa gayon ay madarama nila na nag-iisa sila. Ang orihinal na layunin ng Diyos ay na walang anuman sa lupa ang dapat maging dahilan para hindi Siya pansinin ng mga tao, at bagama't may pagmamahal sa pagitan ng mga tao, magkagayunma'y hindi maitataboy ang Diyos mula sa “pagmamahal” na ito. Hungkag ang lahat ng makamundong bagay—pati na ang damdamin sa pagitan ng mga tao na hindi nakikita o nahahawakan. Kung wala ang pag-iral ng Diyos, babalik sa kawalan ang lahat ng nilalang. Sa lupa, lahat ng tao ay mayroong mga bagay na minamahal nila, ngunit wala pang sinumang tumanggap sa mga salita ng Diyos kailanman bilang ang bagay na minamahal nila. Ito ang tumutukoy sa antas ng pag-unawa ng mga tao sa Kanyang mga salita. Bagama't marahas ang Kanyang mga salita, walang sinumang nasusugatan ng mga ito, sapagkat hindi talaga binibigyang-pansin ng mga tao ang mga ito; sa halip, inoobserbahan nila ang mga ito na parang isang bulaklak. Hindi nila itinuturing ang Kanyang mga salita na parang bunga na maaari nilang tikman para sa kanilang sarili, kaya hindi nila alam ang diwa ng mga salita ng Diyos. “Kung talagang nakikita ng mga tao ang talim ng Aking espada, magtatakbuhan sila na parang mga daga patungo sa kanilang mga lungga.” Ang isang taong nasa kalagayan ng isang normal na tao, matapos basahin ang mga salita ng Diyos, ay matutulala, na puno ng kahihiyan, at hindi magagawang humarap sa iba. Gayunman, sa mga panahong ito, kabaligtaran mismo ang mga tao—ginagamit nila ang mga salita ng Diyos bilang isang sandata para banatan ang isa't isa. Talagang hindi sila marunong mahiya!

Sa mga pagbigkas ng Diyos, nadala tayo sa kalagayang ito ng pag-iral: “Sa loob ng kaharian, hindi lamang lumalabas ang mga pagbigkas mula sa Aking bibig, kundi pormal na tumatapak ang Aking mga paa saanmang dako sa lahat ng lupain.” Sa digmaan sa pagitan ng Diyos at ni Satanas, nananalo ang Diyos sa buong proseso. Pinalalawak Niya nang husto ang Kanyang gawain sa buong sansinukob, at masasabi na nasa lahat ng dako ang Kanyang mga yapak at ang mga tanda ng Kanyang tagumpay. Umaasa si Satanas, sa mga pakana nito, na mawasak ang pamamahala ng Diyos sa pamamagitan ng paghihiwalay ng mga bansa, ngunit sinamantala na ng Diyos ang paghihiwalay na ito upang muling isaayos ang buong sansinukob—bagama't hindi para lipulin ito. Gumagawa ng isang bagong bagay ang Diyos bawat araw, ngunit hindi pa ito napansin ng mga tao. Hindi nila binibigyang-pansin ang mga galaw ng espirituwal na mundo, kaya hindi nila nakikita ang bagong gawain ng Diyos. “Sa loob ng kosmos, lahat ay nagniningning na parang bago sa kaningningan ng Aking kaluwalhatian, na naglalahad

ng nakaaantig na aspeto na nagpapalugod sa pakiramdam at nagpapasigla sa espiritu ng mga tao, na para bang umiiral ito ngayon sa isang langit na lagpas pa sa kalangitan, ayon sa imahinasyon ng tao, na hindi nagagambala ni Satanas at malaya sa mga pag-atake ng mga kaaway sa labas.” Hinuhulaan nito ang masayang eksena ng kaharian ni Cristo sa lupa, at ipinakikilala rin nito ang sitwasyon ng ikatlong langit sa sangkatauhan: Yaon lamang mga banal na bagay na nabibilang sa Diyos ang umiiral doon, nang walang anumang mga pag-atake ng mga puwersa ni Satanas. Ngunit ang pinakamahalaga ay tinutulutan ang mga tao na makita ang sitwasyon ng gawain ng Diyos Mismo sa lupa: Ang langit ay isang bagong langit, at kasunod nito, pinanibago rin ang lupa. Dahil ito ay buhay sa ilalim ng sariling patnubay ng Diyos, hindi masukat ang kaligayahan ng lahat ng tao. Sa kanilang kamalayan, si Satanas ay “bilanggo” ng sangkatauhan, at ni hindi man lamang sila nahihiya o natatakot dahil sa pag-iral nito. Dahil sa direktang tagubilin at patnubay mula sa banal, nauwi sa wala ang lahat ng pakana ni Satanas, at naging sapat pa ito upang patunayan na hindi na umiiral si Satanas, dahil nabura na ito ng gawain ng Diyos. Kaya nga sinasabing “umiiral ito ngayon sa isang langit na lagpas pa sa kalangitan.” Nang sabihin ng Diyos, “Hindi nagkaroon ng kaguluhan kailanman, ni hindi nagkahati-hati ang kosmos kailanman,” ang tinutukoy Niya ay ang kundisyon ng espirituwal na mundo. Ito ay patunay na nagpapahayag ng tagumpay ang Diyos kay Satanas, at ito ang tanda ng panghuling tagumpay ng Diyos. Walang taong maaaring magpabago sa isip ng Diyos, ni hindi ito malalaman ninuman. Bagama’t nabasa na ng mga tao ang mga salita ng Diyos at nasuri ang mga ito nang seryoso, hindi pa rin nila maipahayag ang diwa ng mga ito. Halimbawa, sinabi ng Diyos, “Nagpapairal Ako ng nagliliparang paglukso sa ibabaw ng mga bituin, at kapag naglalabas ng mga sinag ang araw, pinapawi Ko ang init ng mga ito, nagpapadala Ako ng mga malalaking umiikot na mga snowflake na sinlaki ng mga balahibo ng gansa na lumulutang pababa mula sa Aking mga kamay. Kapag nagbabago Ako ng isip, lahat ng niyebe ay natutunaw patungo sa ilog, at sa isang iglap, nagsimula na ang tagsibol sa lahat ng dako sa silong ng kalangitan at naging luntian nang tulad ng esmeralda ang buong tanawin sa ibabaw ng lupa.” Bagama’t maaaring mailarawan ng mga tao ang mga salitang ito sa kanilang isipan, hindi gaanong simple ang layunin ng Diyos. Kapag hilo ang lahat ng tao sa silong ng langit, binibigkas ng Diyos ang tinig ng pagliligtas, sa gayon ay napupukaw ang puso ng mga tao. Gayunman, dahil sumasapit sa kanila ang lahat ng uri ng sakuna, nadarama nila ang kapanglawan ng mundo, kaya hinahangad nilang lahat na mamatay at nabubuhay sa napakalamig at nagyeyelong mga yungib. Pinatitigas sila ng lamig ng matitinding unos ng niyebe, hanggang sa hindi na nila makayang manatiling buhay dahil sa kawalan ng init sa lupa. Dahil sa katiwalian ng mga tao kaya mas lalong nagiging malupit ang kanilang pagpapatayan. At sa iglesia, karamihan sa mga tao ay lulunukin ng malaking pulang dragon sa isang lunukan. Kapag nakalipas na ang lahat ng pagsubok, aalisin ang mga paggambala ni Satanas. Sa buong mundo, sa gitna ng pagbabago, lalaganap ang tagsibol, mababalutan ng init ang lupa, at mapupuno ng sigla

ang mundo. Lahat ng ito ay mga hakbang sa buong plano ng pamamahala. Ang “gabi” na binanggit ng Diyos ay tumutukoy sa panahon na aabot sa sukdulan ang kabaliwan ni Satanas, na mangyayari sa gabi. Hindi ba iyan ang nangyayari ngayon mismo? Bagama’t patuloy na nabubuhay ang mga tao sa ilalim ng patnubay ng liwanag ng Diyos, isinasailalim sila sa pagdurusa ng kadiliman ng gabi. Kung hindi sila makakatakas mula sa mga gapos ni Satanas, mabubuhay sila nang walang hanggan sa gitna ng isang madilim na gabi. Tingnan mo ang mga bansa sa daigdig: Dahil sa mga hakbang ng gawain ng Diyos, “paikut-ikot” ang mga bansa sa lupa, at bawat isa ay “naghahanap ng sarili nitong angkop na patutunguhan.” Dahil hindi pa dumarating ang araw ng Diyos, nananatili ang lahat sa lupa sa maputik na kaguluhan. Kapag hayagan Siyang nagpakita sa buong sansinukob, pupuspusin ng Kanyang kaluwalhatian ang Bundok ng Sion, at lahat ng bagay ay magiging maayos at malinis, dahil isasaayos ang mga ito ng Kanyang mga kamay. Hindi lamang nangungusap ang mga salita ng Diyos tungkol sa ngayon, kundi hinuhulaan din ang bukas. Ngayon ang pundasyon ng bukas, kaya, tulad ng makikita ngayon, walang sinumang lubos na makauunawa sa mga pagbigkas ng Diyos. Pagkatapos na ganap na matupad ang Kanyang mga salita, saka lamang mauunawaan ng mga tao ang kabuuan ng mga ito.

Pinupuno ng Espiritu ng Diyos ang lahat ng puwang sa sansinukob, subalit gumagawa rin Siya sa loob ng lahat ng tao. Dahil dito, sa puso ng mga tao, parang nasa lahat ng dako ang hugis ng Diyos at lahat ng lugar ay naglalaman ng gawain ng Kanyang Espiritu. Tunay nga, ang layunin ng pagpapakita ng Diyos sa katawang-tao ay upang lupigin ang mga halimbawang ito ni Satanas at, sa huli, matamo ang mga ito. Gayunman, habang gumagawa sa katawang-tao, nakikipagtulungan din ang Espiritu sa katawang-tao upang baguhin ang mga taong ito. Masasabi na umaabot ang mga gawa ng Diyos sa buong mundo at na pinupuno ng Kanyang Espiritu ang buong sansinukob, ngunit dahil sa mga hakbang ng Kanyang gawain, yaong mga gumagawa ng masama ay hindi pa napaparusahan, samantalang yaong mga gumagawa ng mabuti ay hindi pa nagagantimpalaan. Samakatuwid, hindi pa napupuri ng lahat ng tao sa lupa ang Kanyang mga gawa. Siya ay kapwa nasa itaas at nasa loob ng lahat ng bagay; bukod pa ryan, Siya ay kasama ng lahat ng tao. Sapat na ito upang ipakita na talagang umiiral ang Diyos. Dahil hindi pa Siya hayagang nagpakita sa lahat ng tao, nakabuo sila ng mga ilusyon tulad ng, “Pagdating sa sangkatauhan, tila talagang umiiral Ako, subalit tila hindi rin Ako umiiral.” Sa lahat ng naniniwala ngayon sa Diyos, walang sinumang lubos na nakatitiyak, nang siyento-por-siyento, na tunay na umiiral ang Diyos; lahat sila ay tatlong bahaging nagdududa at dalawang bahaging naniniwala. Ganito ang paninindigan ng sangkatauhan ngayon. Lahat ng tao sa mga panahong ito ay nasa sumusunod na sitwasyon: Naniniwala sila na mayroong Diyos, ngunit hindi pa nila Siya nakikita; o, hindi sila naniniwala na mayroong Diyos, ngunit maraming paghihirap na hindi kayang lutasin ng sangkatauhan. Tila palaging may isang bagay na nakapulupot sa kanila na hindi nila matakasan. Bagama’t naniniwala sila sa Diyos, tila palagi silang nakadarama ng

kaunting kalabuan. Gayunman, kung hindi sila maniniwala, natatakot silang mawalan kung sakaling umiiral nga Siya. Nagdadalawang-isip sila.

“Alang-alang sa Aking pangalan, alang-alang sa Aking Espiritu, at alang-alang sa Aking buong plano ng pamamahala, sino ang makapag-aalay ng lahat ng kanilang lakas?” Sinabi rin ng Diyos, “Ngayon, kung kailan ang kaharian ay nasa mundo ng tao, ang panahon na naparito Ako nang personal sa sangkatauhan. Mayroon bang magsasapalaran na pumasok sa digmaan para sa Akin nang walang anumang pangamba?” Ang layunin ng mga salita ng Diyos ay ito: Kung hindi dahil sa direktang paggawa ng Diyos ng Kanyang banal na gawain sa katawang-tao, o kung hindi Siya nagkatawang-tao kundi sa halip ay gumawa Siya sa pamamagitan ng mga ministro, hindi magagawa ng Diyos kailanman na lupigin ang malaking pulang dragon, ni hindi Niya magagawang maghari bilang Hari sa piling ng mga tao. Hindi magagawa ng sangkatauhan na makilala ang Diyos Mismo sa realidad, kaya paghahari pa rin ito ni Satanas. Sa gayon, ang yugtong ito ng gawain ay kailangang gawin ng Diyos nang personal, sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao sa laman. Kung binago ang katawang-tao, ang yugtong ito ng plano ay hindi maaaring makumpleto kailanman, dahil ang kabuluhan at ang diwa ng magkaibang laman ay hindi magiging pareho. Maiintindihan lamang ng mga tao ang literal na kahulugan ng mga salitang ito, dahil naiintindihan ng Diyos ang ugat. Sabi ng Diyos, “Magkagayunman, kapag nasabi at nagawa na ang lahat, walang sinumang nakakaunawa kung ito ay kagagawan ng Espiritu o gawain ng katawang-tao. Buong buhay ang kakailanganin ng mga tao para lamang maranasan ang isang bagay na ito nang detalyado.” Nagawa nang tiwali ni Satanas ang mga tao sa loob ng napakaraming taon, at matagal na nilang naiwala ang kanilang kamalayan tungkol sa mga espirituwal na bagay. Dahil dito, isang pangungusap lamang ng mga salita ng Diyos ay parang pinagpipiyestahan na ng mata ng mga tao. Dahil sa agwat sa pagitan ng Espiritu at ng mga espiritu, lahat ng naniniwala sa Diyos ay nakadarama ng pananabik sa Kanya, at lahat sila ay handang maging mas malapit sa Kanya at ibuhos ang kanilang puso. Gayunman, hindi sila nangangahas na makipag-ugnayan sa Kanya, at sa halip ay nananatili na lamang silang humahanga. Ito ang kapangyarihang umakit na taglay ng Espiritu. Dahil ang Diyos ay isang Diyos para mahalin ng mga tao, at mayroon Siyang walang-katapusang mga elemento para mahalin nila, minamahal Siya ng lahat at ninanais ng lahat na magtapat sa Kanya. Sa katunayan, lahat ay nagkikimkim ng pagmamahal para sa Diyos sa kanilang puso—kaya lamang ay napigilan ng mga paggambala ni Satanas ang manhid, mapurol ang utak, at kaawa-awang mga tao na makilala ang Diyos. Kaya nga binanggit ng Diyos ang totoong damdamin ng mga tao para sa Kanya: “Hindi pa Ako kinamuhian ng mga tao kailanman sa kaibuturan ng kanilang puso; sa halip, kumakapit sila sa Akin sa kaibuturan ng kanilang espiritu. ... Ang Aking realidad ay iniwan ang mga tao na nalilito, tulala at naguguluhan, subalit handa silang tanggapin ito.” Ito ang aktwal na kundisyon sa kaibuturan ng puso ng mga naniniwala sa Diyos. Kapag tunay na nakikilala ng mga tao ang Diyos, natural na

nagbabago ang kanilang saloobin sa Kanya, at nakakabigkas sila ng papuri mula sa kaibuturan ng kanilang puso dahil sa paggana ng kanilang espiritu. Naroon ang Diyos sa kaibuturan ng espiritu ng lahat ng tao, ngunit dahil sa pagtitiwali ni Satanas, inakala ng mga tao na ang Diyos si Satanas. Nagsisimula ang gawain ng Diyos ngayon sa problemang ito mismo, at sa espirituwal na mundo, ito na ang naging tuon ng digmaan mula simula hanggang katapusan.

Kabanata 16

Mula sa pananaw ng isang tao, ang Diyos ay napakadakila, napakasagana, lubhang kamangha-mangha, lubhang di-maarok; sa mga mata ng mga tao, ang mga salita ng Diyos ay tumataas nang napakataas, at lumilitaw bilang isang dakilang obra maestra ng mundo. Ngunit dahil napakaraming pagkakamali ng mga tao, at napakapayak ng kanilang isipan, at, bukod pa ryan, dahil napakahina ng kanilang mga kakayahang tumanggap, gaano man kalinaw ang pagsambit ng Diyos sa Kanyang mga salita, nananatili silang nakaupo at hindi gumagalaw, na para bang nasisiraan sila ng ulo. Kapag nagugutom sila, hindi nila nauunawaan na kailangang kumain sila; kapag nauuhaw sila, hindi nila nauunawaan na kailangang uminom sila; patuloy lamang silang sumisigaw at humihyaw, na para bang hirap na hirap sila sa kailaliman ng kanilang espiritu, subalit hindi nila magawang banggitin ang tungkol dito. Nang likhain ng Diyos ang sangkatauhan, ang Kanyang layunin ay para mamuhay ang tao sa normal na pagkatao at matanggap ang mga salita ng Diyos ayon sa kanyang mga likas na ugali. Ngunit, sa simula pa lamang, dahil ang tao ay nagpadaig sa tukso ni Satanas, ngayon ay nananatili siyang walang kakayahang palayain ang kanyang sarili, at hindi pa rin kayang kilalanin ang mapanlinlang na mga pakanang isinasagawa ni Satanas sa loob ng libu-libong taon. Dagdag pa ryan, walang kakayahan ang tao na lubos na malaman ang mga salita ng Diyos—lahat ng ito ay humantong na sa kasalukuyang sitwasyon. Sa kalagayan ngayon ng mga bagay-bagay, namumuhay pa rin ang mga tao sa panganib ng tukso ni Satanas, kaya nananatili silang walang kakayahang pahalagahan ang mga salita ng Diyos sa tamang paraan. Walang kabuktutan o panlilinlang sa mga disposisyon ng normal na mga tao, normal ang relasyon ng mga tao sa isa't isa, hindi sila nag-iisa, at ang kanilang buhay ay hindi karaniwan ni bulok. Gayundin naman, dinadakila ang Diyos sa lahat; ang Kanyang mga salita ay lumalaganap sa tao, namumuhay ang mga tao nang payapa sa piling ng isa't isa at sa pangangalaga at proteksyon ng Diyos, ang lupa ay puspos ng pagkakasundo, na walang panghihimasok ni Satanas, at ang kaluwalhatian ng Diyos ang itinuturing na pinakamahalaga sa tao. Ang gayong mga tao ay parang mga anghel: dalisay, masigla, hindi kailanman nagrereklamo tungkol sa Diyos, at inilalaan ang lahat ng pagsisikap nila para lamang sa kaluwalhatian ng Diyos sa lupa. Ngayon ang panahon ng madilim na gabi—lahat ay nangangapa at

naghahanap, ang napakadilim na gabi ay nagpapatayo sa kanilang buhok, at hindi nila mapigilang manginig; kapag pinakinggang mabuti, ang umaalulong na pagbugsubugsong ihip ng hanging nagmumula sa hilagang-kanluran ay tila may kasamang mga malulungkot na hikbi ng tao. Nagdadalamhati at umiiyak ang mga tao para sa kanilang tadhana. Bakit nila binabasa ang mga salita ng Diyos ngunit hindi nila makayang unawain ang mga ito? Para bang nasa bingit ng kawalang pag-asa ang kanilang buhay, para bang malapit nang sumapit ang kamatayan sa kanila, para bang nasa harap ng kanilang mga mata ang kanilang huling araw. Ang gayong kahabag-habag na sitwasyon ay ang mismong sandali kung kailan ang marupok na mga anghel ay nananawagan sa Diyos, ikinukuwento ang sarili nilang paghihirap sa sunud-sunod na malulungkot na pag-iyak. Dahil dito kaya hindi na muling bababa sa tao ang mga anghel na gumagawa sa mga anak at mga tao ng Diyos; ito ay upang maiwasang mabitag sila sa pagmamaniplula ni Satanas habang nasa laman, na hindi kayang palayain ang kanilang sarili, kaya nga gumagawa lamang sila sa espirituwal na mundo na hindi nakikita ng tao. Sa gayon, kapag sinasabi ng Diyos na, “Kapag umakyat Ako sa trono sa puso ng tao, iyon ang sandaling mamumuno ang Aking mga anak at mga tao sa lupa,” ang tinutukoy Niya ay ang panahon na matatamasa ng mga anghel sa lupa ang pagpapalang maglingkod sa Diyos sa langit. Dahil ang tao ang pagpapahayag ng espiritu ng mga anghel, sinasabi ng Diyos na para sa tao, ang mapunta sa lupa ay parang mapunta sa langit; sapagkat ang mapaglingkuran ng tao ang Diyos sa lupa ay parang tuwirang paglilingkod ng mga anghel sa Diyos sa langit—at sa gayon, sa kanyang mga araw sa lupa, tinatamasa ng tao ang mga pagpapala ng ikatlong langit. Ito talaga ang sinasabi sa mga salitang ito.

Napakaraming kahulugang nakatago sa mga salita ng Diyos. “Pagdating ng araw, makikilala Ako ng mga tao sa kaibuturan ng kanilang puso, at maaalala Ako sa kanilang isipan.” Ang mga salitang ito ay nakatuon sa espiritu ng tao. Dahil sa karupukan ng mga anghel, lagi silang nakadepende sa Diyos sa lahat ng bagay, at laging nakaugnay sa Diyos at sumamba sa Diyos. Ngunit dahil sa panggugulo ni Satanas, hindi nila matulungan ang kanilang sarili at hindi makontrol ang kanilang sarili; nais nilang mahalin ang Diyos ngunit hindi nila Siya kayang mahalin nang buong puso, kaya nga nasasaktan sila. Kapag umabot ang gawain ng Diyos sa isang tiyak na punto, saka lamang magkakaroon ng hangarin ang kawawang mga anghel na ito na tunay na mahalin ang Diyos, kaya nga sinambit ng Diyos ang mga salitang iyon. Ang likas na katangian ng mga anghel ay mahalin, itangi, at sundin ang Diyos, subalit wala silang kakayahang isagawa iyon dito sa lupa, at wala na silang ibang magagawa kundi magtiis hanggang sa ngayon. Maaari mong tingnan ang mundo sa ngayon: May isang Diyos sa puso ng lahat ng tao, subalit hindi masabi ng mga tao kung ang Diyos na nasa puso nila ay ang tunay na Diyos o isang huwad na diyos, at bagama’t mahal nila ang Diyos nilang ito, hindi nila kayang tunay na mahalin ang Diyos, na nangangahulugang wala silang kontrol sa kanilang sarili. Ang pangit na mukha ng tao na ibinunyag ng Diyos ay ang

tunay na mukha ni Satanas sa espirituwal na dako. Ang tao ay orihinal na inosente at walang kasalanan, at sa gayon lahat ng tiwali at pangit na ugali ng tao ay mga kilos ni Satanas sa espirituwal na dako, at isang tapat na talaan ng mga pagsulong ng espirituwal na dako. “Ngayon, may mga kwalipikasyon na ang mga tao, at naniniwala sila na kaya nilang magmayabang sa Aking harapan, at makipagtawanan at makipagbiruan sa Akin nang wala ni katiting na panggingimi, at pakitunguhan Ako bilang isang kapantay. Hindi pa rin Ako kilala ng tao, naniniwala pa rin siya na magkapareho ang aming likas na katangian, na pareho kaming may laman at dugo, at parehong nananahan sa mundo ng tao.” Ito ang nagawa ni Satanas sa puso ng tao. Ginagamit ni Satanas ang mga kurukuro at mga nakikita ng mata ng tao upang kontrahin ang Diyos, subalit malinaw na sinasabi ng Diyos sa tao ang mga pangyayaring ito, upang maiwasan ng tao na mapahamak dito. Ang mortal na kahinaan ng lahat ng tao ay na nakikita lamang nila ang “isang katawang may laman at dugo, at hindi nahihiwatigan ang Espiritu ng Diyos.” Ito ang batayan ng isang aspeto ng pang-aakit ni Satanas sa tao. Naniniwala ang lahat ng tao na tanging ang Espiritu sa katawang-taong ito ang matatawag na Diyos. Walang sinumang naniniwala na ngayon, ang Espiritu ay naging tao at aktwal na nagpakita sa harap ng kanilang mga mata; nakikita ng mga tao na may dalawang bahagi ang Diyos—“ang kasuotan at ang laman”—at walang nagtuturing sa Diyos bilang pagkakatawang-tao ng Espiritu, walang nakakakita na ang diwa ng katawang-tao ay ang disposisyon ng Diyos. Sa imahinasyon ng mga tao, ang Diyos ay lalo nang normal, ngunit hindi ba nila alam na nakatago sa normalidad na ito ang isang aspeto ng malalim na kabuluhan ng Diyos?

Nang simulan ng Diyos na takpan ang buong mundo, naging napakadilim nito, at habang tulog ang mga tao, sinamantala ng Diyos ang pagkakataong ito upang bumaba sa tao, at opisyal na sinimulan ang pagpapalabas ng Espiritu sa lahat ng sulok ng lupa, na sinisimulan ang gawain ng pagliligtas sa sangkatauhan. Masasabi na nang simulan ng Diyos na mag-anyo sa imahe ng katawang-tao, personal na gumawa ang Diyos sa lupa. Pagkatapos ay nagsimula ang gawain ng Espiritu, at doon ay opisyal na nagsimula ang lahat ng gawain sa lupa. Sa loob ng dalawang libong taon, ang Espiritu ng Diyos ay palaging gumawa sa buong sansinukob. Ni hindi ito alam ni naramdaman ng mga tao, ngunit sa mga huling araw, sa panahong malapit nang matapos ang kapanahunang ito, bumaba na ang Diyos sa lupa upang gumawa nang personal. Ito ang pagpapala ng mga isinilang sa mga huling araw, na personal na namamasdan ang imahe ng Diyos na nabubuhay sa katawang-tao. “Noong madilim ang buong mukha ng kailaliman, unti-unti Kong natikman sa piling ng tao ang kapaitan ng mundo. Naglalakbay ang Aking Espiritu sa buong mundo at nakatingin sa puso ng lahat ng tao, subalit, nilulupig Ko rin ang sangkatauhan sa Aking nagkatawang-taong laman.” Ganyan ang magkasundong kooperasyon sa pagitan ng Diyos sa langit at ng Diyos sa lupa. Sa huli, sa kanilang isipan ay maniniwala ang mga tao na ang Diyos sa lupa ang Diyos sa langit, na nilikha ng Diyos sa lupa ang kalangitan at ang lupa at lahat ng bagay na naroon, na ang tao ay

kontrolado ng Diyos sa lupa, na ginagawa ng Diyos sa lupa ang gawain sa langit sa lupa, at na ang Diyos sa langit ay nagpakita na sa katawang-tao. Ito ang panghuling layunin ng gawain ng Diyos sa lupa, kaya nga, ang yugtong ito ang pinakamataas na pamantayan ng gawain sa panahon ng katawang-tao; isinasagawa ito sa pagka-Diyos, at nagsasanhi na taos-pusong makumbinsi ang lahat ng tao. Kapag lalong hinahanap ng mga tao ang Diyos sa kanilang mga kuru-kuro, lalo nilang nadarama na hindi tunay ang Diyos sa lupa. Sa gayon, sinasabi ng Diyos na ang mga tao ay naghahanap sa Diyos sa gitna ng hungkag na mga salita at doktrina. Habang lalong kinikilala ng mga tao ang Diyos sa kanilang mga kuru-kuro, lalo silang nagiging bihasa sa pagsambit ng mga salita at doktrinang ito at lalo silang nagiging kahanga-hanga; habang lalong sumasambit ang mga tao ng mga salita at doktrina, lalo silang nalilihis sa Diyos, at habang lalong hindi nila kayang malaman ang diwa ng tao, lalo silang sumusuway sa Diyos, at lalo pa silang napapalayo sa mga kinakailangan ng Diyos. Ang mga kinakailangan ng Diyos sa tao ay hindi higit-sa-karaniwan na tulad ng iniisip ng mga tao, subalit hindi kailanman tunay na naunawaan ninuman ang kalooban ng Diyos, at sa gayon ay sinasabi ng Diyos, “Ang mga tao ay naghahanap lamang sa walang-hangganang kalangitan, o sa gumugulong na alon ng dagat, o sa payapang lawa, o sa mga hungkag na mga titik at doktrina.” Habang dumarami ang mga kinakailangan ng Diyos sa tao, lalong nadarama ng mga tao na hindi maaabot ang Diyos, at lalo silang naniniwala na dakila ang Diyos. Sa gayon, sa kanilang kamalayan, hindi kayang makamtan ng tao ang lahat ng salitang sinasambit mula sa bibig ng Diyos, at walang ibang magawa ang Diyos kundi personal na kumilos; samantala, ang tao ay wala ni katiting na hilig na makipagtulungan sa Diyos, at basta ipinipilit na iyuko ang kanyang ulo at ikumpisal ang kanyang mga kasalanan, na nagsisikap na maging mapagpakumbaba at masunurin. Sa gayon, hindi nila natatanto, pumapasok ang mga tao sa isang bagong relihiyon, sa seremonya ng relihiyon na mas matindi pa kaysa nasa mga relihiyosong iglesia. Kinakailangan dito na bumalik ang mga tao sa mga normal na kundisyon sa pamamagitan ng pagbabago ng kanilang negatibong kalagayan tungo sa isang positibong kalagayan; kung hindi, ang tao ay lalong mabibihag.

Bakit nakatuon ang Diyos sa paglalarawan ng kabundukan at katubigan sa napakarami sa Kanyang mga pagbigkas? Mayroon bang simbolikong kahulugan sa mga salitang ito? Hindi lamang pinahihintulutan ng Diyos na makita ng tao ang Kanyang mga gawa sa Kanyang katawang-tao, kundi pinahihintulutan din ang tao na maunawaan ang Kanyang mga kapangyarihan sa kalangitan. Sa ganitong paraan, kasabay ng paniniwala nang walang pagdududa na ito ang Diyos sa katawang-tao, nalalaman din ng mga tao ang mga gawa ng praktikal na Diyos, at sa gayon ay isinugo sa langit ang Diyos sa lupa, at dinala sa lupa ang Diyos sa langit, saka lamang nakayanan ng mga tao na mas ganap na mamasdan ang lahat ng kung ano ang Diyos at magtamo ng higit na kaalaman tungkol sa pagiging makapangyarihan ng Diyos. Habang lalong nagagawa ng Diyos na lupigin ang sangkatauhan sa katawang-tao at mahigitan ang katawang-tao upang

maglakbay kapwa sa ibabaw at sa buong sansinukob, lalong nakakayanan ng mga tao na mamasdan ang mga gawa ng Diyos batay sa pagmamasid sa praktikal na Diyos, at sa gayon ay nalalaman nila ang katotohanan ng gawain ng Diyos sa buong sansinukob—na hindi ito huwad kundi totoo—at sa gayon ay nalalaman nila na ang praktikal na Diyos ng ngayon ang sagisag ng Espiritu, at hindi kapareho ng uri ng katawang may laman na tulad ng tao. Sa gayon, sabi ng Diyos, “Ngunit kapag pinawalan Ko ang Aking matinding poot, agad na gumuguho ang kabundukan, agad na nagsisimulang yumanig ang lupa, agad na natutuyo ang tubig, at agad na sumasapit ang kalamidad sa tao.” Kapag binabasa ng mga tao ang mga salita ng Diyos, iniuugnay nila ang mga ito sa katawang-tao ng Diyos, at sa gayon, ang gawain at mga salita sa espirituwal na dako ay tuwirang tumutukoy sa Diyos sa katawang-tao, na humahantong sa mas epektibong resulta. Kapag nagsasalita ang Diyos, kadalasan ay nagmumula ito sa langit patungo sa lupa, at minsan pa mula sa lupa patungo sa langit, na iniwan ang lahat ng tao na walang kakayahang maintindihan ang mga motibo at pinagmulan ng mga salita ng Diyos. “Kapag Ako ay nasa kalangitan, hindi kailanman nakararamdam ng takot ang mga bituin sa Aking presensya. Sa halip, itinutuon nila ang kanilang puso sa kanilang gawain para sa Akin.” Gayon ang kalagayan ng langit. Maparaang ipinaplano ng Diyos ang lahat ng bagay sa ikatlong langit, kasama ang lahat ng lingkod na naglilingkod sa Diyos na ginagawa ang sarili nilang gawain para sa Diyos. Wala silang nagawang anuman kailanman na pagsuway sa Diyos, kaya hindi sila nakararamdam ng takot na sinasabi ng Diyos, kundi sa halip ay itinutuon nila ang kanilang puso sa kanilang gawain; hindi nagkaroon kailanman ng anumang kaguluhan, at sa gayon ay namumuhay ang lahat ng anghel sa liwanag ng Diyos. Samantala, dahil sa kanilang pagsuway, at dahil hindi nila kilala ang Diyos, namumuhay ang lahat ng tao sa lupa sa kadiliman, at habang lalo nilang kinontra ang Diyos, lalo silang namumuhay sa kadiliman. Kapag sinabi ng Diyos na, “Kapag mas maliwanag ang kalangitan, mas madilim ang mundo sa ilalim,” tinutukoy Niya kung paano higit na nalalapit ang araw ng Diyos sa buong sangkatauhan. Sa gayon, ang 6,000 taon ng kaabalahan ng Diyos sa ikatlong langit ay malapit nang matapos. Nakapasok na sa huling kabanata ang lahat ng bagay sa lupa, at malapit nang alisin ang bawat isa mula sa kamay ng Diyos. Habang lalong pumapasok ang mga tao sa panahon ng mga huling araw, lalo nilang nalalasap ang katiwalian sa mundo ng tao; habang lalo silang pumapasok sa panahon ng mga huling araw, lalo silang nagpapasasa sa sarili nilang laman. Marami pa ngang nagnanais na baligtarin ang kahabag-habag na kalagayan ng mundo, subalit nawala ang kanilang pag-asa sa gitna ng kanilang mga buntong-hininga, dahil sa mga gawa ng Diyos. Sa gayon, kapag nararamdaman ng mga tao ang init ng tagsibol, tinatakpan ng Diyos ang kanilang mga mata, at sa gayon ay lumulutang sila sa gumugulong na mga alon, wala ni isa sa kanila ang may kakayahang makarating sa malayong bangkang-pansagip. Dahil likas na mahina ang mga tao, sabi ng Diyos, walang sinumang maaaring magpanumbalik ng mga bagay-bagay. Kapag nawawalan ng pag-asa ang mga tao, nagsisimulang

magsalita ang Diyos sa buong sansinukob. Sinisimulan Niyang iligtas ang buong sangkatauhan, at pagkatapos lamang nito nagagawang matamasa ng mga tao ang bagong buhay na dumarating kapag napanumbalik na ang mga bagay-bagay. Ang mga tao ng ngayon ay nasa yugto ng panlilinlang sa sarili. Dahil ang daan sa kanilang harapan ay lubhang mapanglaw at hindi malinaw, at dahil ang kanilang hinaharap ay “walang limitasyon” at “walang hangganan,” ang mga tao sa panahong ito ay walang hilig na lumaban, at maaari lamang palipasin ang kanilang mga araw na tulad ng ibong Hanhao.^a Walang sinuman kailanman na naging seryoso sa paghahangad na mabuhay at sa kaalaman tungkol sa buhay ng tao; sa halip, hinihintay nila ang araw na biglang bababa ang Tagapagligtas sa langit upang baligtarin ang kahabag-habag na kalagayan ng mundo, pagkatapos lamang nito sila magtatangkang mabuhay nang masigasig. Gayon ang tunay na kalagayan ng buong sangkatauhan at ng mentalidad ng lahat ng tao.

Ngayon, sinasabi ng Diyos noong una pa man, dahil sa kasalukuyang mentalidad ng tao, ang bagong buhay ng tao sa hinaharap. Ito ang paglitaw ng kislap ng liwanag, na tinutukoy ng Diyos. Ang sinasabi ng Diyos noong una pa man ay yaong makakamit ng Diyos sa huli, at ang mga bunga ng tagumpay ng Diyos laban kay Satanas. “Gumagalaw Ako sa ibabaw ng lahat ng tao at nagmamasid Ako sa lahat ng dako. Walang anumang mukhang luma kailanman, at walang taong katulad ng dati. Namamahinga Ako sa trono, nakasandig Ako sa ibabaw ng buong sansinukob....” Ito ang kinahinatnan ng kasalukuyang gawain ng Diyos. Lahat ng taong hinirang ng Diyos ay bumabalik sa kanilang orihinal na anyo, na siyang dahilan kung bakit ang mga anghel, na nagdusa nang napakaraming taon, ay pinalaya, tulad ng sinasabi ng Diyos na “ang kanilang mukha ay katulad ng sa banal na nasa puso ng tao.” Dahil gumagawa ang mga anghel sa lupa at naglilingkod sa Diyos sa lupa, at lumalaganap ang kaluwalhatian ng Diyos sa buong mundo, dinadala ang langit sa lupa, at itinataas ang lupa sa langit. Samakatuwid, ang tao ang kawing na nag-uugnay sa langit at lupa; ang langit at lupa ay hindi na magkabukod, hindi na magkahiwalay, kundi magkaugnay bilang isa. Sa buong mundo, ang Diyos at ang tao lamang ang umiiral. Walang alikabok o dumi, at lahat ng bagay ay napanibago, gaya ng isang batang corderong nakahiga sa isang luntiang damuhan sa silong ng langit, nagtatamasa ng lahat ng biyaya ng Diyos. At dahil sa pagdating ng kaluntiang ito kaya sumisikat ang hininga ng buhay, sapagkat dumarating ang Diyos sa mundo upang mamuhay sa tabi ng tao sa buong kawalang-hanggan, tulad ng sinabi mula sa bibig ng Diyos na “mulí Akong maninirahan nang payapa sa loob ng Sion.” Ito ang simbolo ng pagkatalo ni Satanas, ito ang araw ng kapahingahan ng Diyos, at ang araw na ito ay pupurihin at ipapahayag ng lahat ng tao, at gugunitain ng lahat ng tao.

^a Ang kuwento ng ibong Hanhao ay labis na kapareho ng pabula ni Aesop tungkol sa langgam at tipaklong. Pinili ng ibong Hanhao na matulog sa halip na gumawa ng isang pugad habang ang panahon ay mainit—sa kabila ng paulit-ulit na mga babala mula sa kanyang kapitbahay, na isang magpie. Nang dumating ang taglamig, ang ibon ay nanigas sa lamig hanggang mamatay.

Kapag nagpapahinga ang Diyos sa trono, iyon din ang panahon na tinatapos ng Diyos ang Kanyang gawain sa lupa, at iyon ang mismong sandali na lahat ng hiwaga ng Diyos ay ipinapakita sa tao; ang Diyos at ang tao ay magkakasundo magpakailanman, hindi kailanman magkakabukod—gayon ang magagandang mga tagpo sa kaharian!

May nakatagong mga hiwaga sa mga hiwaga; talagang malalim at di-maarok ang mga salita ng Diyos!

Kabanata 17

Ang totoo, lahat ng pagbigkas na nagmumula sa bibig ng Diyos ay hindi alam ng mga tao; lahat ng ito ay pananalitang hindi pa narinig ng mga tao. Sa gayon, masasabi na ang mga salita mismo ng Diyos ay isang hiwaga. Karamihan sa mga tao ay nagkakamali sa paniniwala na ang mga hiwaga ay kinabibilangan lamang ng mga bagay na hindi maisip ng mga tao, mga bagay ng langit na tinutulutan ngayon ng Diyos na malaman ng mga tao, o ang katotohanan tungkol sa ginagawa ng Diyos sa espirituwal na mundo. Mula rito, malinaw na hindi pantay-pantay ang turing ng mga tao sa lahat ng salita ng Diyos, ni hindi nila pinahahalagahan ang mga ito; sa halip, nagtutuon sila sa pinaniniwalaan nila mismo na “mga hiwaga.” Pinatutunayan nito na hindi alam ng mga tao kung ano ang mga salita ng Diyos o kung ano ang mga hiwaga; binabasa lamang nila ang Kanyang mga salita sa loob ng saklaw ng sarili nilang mga kuru-kuro. Ang realidad ay na wala ni isang taong tunay na nagmamahal sa mga salita ng Diyos, at ito mismo ang ugat ng Kanyang pagsasabi na “bihasa ang mga tao sa panlilinlang sa Akin.” Hindi naman dahil sinasabi ng Diyos na walang anumang halaga ang mga tao o na napakagugulo nila; inilalarawan nito ang aktwal na sitwasyon ng sangkatauhan. Hindi malinaw sa mga tao mismo kung gaano kalaking puwang ang talagang sakop ng Diyos sa kanilang puso; Diyos lamang Mismo ang lubos na nakakaalam nito. Samakatuwid, sa ngayon, parang pasusuhing mga sanggol ang mga tao. Tungkol naman sa kung bakit sila umiinom ng gatas at bakit sila dapat manatiling buhay, lubos silang walang kamalayan. Ang ina lamang ang nakauunawa sa mga pangangailangan ng isang sanggol; hindi niya hahayaang mamatay ito sa gutom, ni hindi niya tutulutan ang sanggol na kumaing mag-isa hanggang sa mamatay. Ang Diyos ang lubos na nakakaalam sa mga pangangailangan ng mga tao, kaya paminsan-minsan ay nakapaloob sa Kanyang mga salita ang Kanyang pagmamahal, paminsan-minsan ay nahahayag ang Kanyang paghatol sa mga ito, paminsan-minsan ay nasasaktan ang mga tao sa mga ito sa kaibuturan ng kanilang puso, at paminsan-minsan ay tapat sila at masigasig. Tinutulutan nito ang mga tao na madama ang kabaitan at pagiging madaling malapitan ng Diyos, at na hindi Siya katulad ng inaakala ng ilan, na isang maringal na taong hindi maaaring salingin. Ni hindi Siya ang Anak ng Langit sa isipan ng mga tao, na hindi matitingnan sa mukha nang diretso, at lalong hindi Siya isang berdugo na pumapatay sa mga inosente,

na tulad ng iniisip ng mga tao. Ang buong disposisyon ng Diyos ay nahahayag sa Kanyang gawain; ang disposisyon ng Diyos sa katawang-tao ngayon ay nakapaloob pa rin sa Kanyang gawain. Sa gayon, ang Kanyang ministeryo ay yaong mga salita, hindi kung ano ang Kanyang ginagawa o kung ano ang Kanyang hitsura. Sa huli, magtatamo ng pagpapatibay ang lahat mula sa mga salita ng Diyos at magagawang ganap dahil sa mga ito. Sa kanilang karanasan, sa paggabay ng mga salita ng Diyos, matatamo ng mga tao ang isang landas sa pagsasagawa, at sa pamamagitan ng mga salitang nagmumula sa bibig ng Diyos ay malalaman nila ang Kanyang buong disposisyon. Dahil sa Kanyang mga salita, matutupad ang buong gawain ng Diyos, mabubuhay ang mga tao, at matatalo ang lahat ng kaaway. Ito ang pangunahing gawain, na hindi maaaring balewalain ng sinuman. Tingnan natin ang Kanyang mga salita: “Umaalingawngaw ang Aking mga pagbigkas tulad ng kulog, na nagbibigay ng liwanag sa lahat ng direksyon at sa buong mundo, at sa gitna ng kulog at kidlat, pinapatay ang sangkatauhan. Wala pang taong nanatiling matatag kailanman sa gitna ng kulog at kidlat; karamihan sa mga tao ay lubhang nasisindak sa pagdating ng Aking liwanag at hindi malaman kung ano ang gagawin.” Kapag ibinubuka ng Diyos ang Kanyang bibig, lumalabas ang mga salita. Tinutupad Niya ang lahat sa pamamagitan ng mga salita, lahat ng bagay ay binabago ng mga ito, at lahat ay pinaninibago sa pamamagitan ng mga ito. Ano ang tinutukoy na “kulog at kidlat”? At ano ang tinutukoy na “liwanag”? Wala ni isang bagay ang makatatakas sa mga salita ng Diyos. Ginagamit Niya ang mga ito upang ilantad ang nasa isipan ng mga tao at ilarawan ang kanilang kapangitan; gumagamit Siya ng mga salita upang pakitunguhan ang dati nilang likas na pagkatao at ginagawang ganap ang lahat ng Kanyang mga tao. Hindi ba ito mismo ang kahalagahan ng mga salita ng Diyos? Sa buong sansinukob, kung wala ang suporta at pagpapalakas ng mga salita ng Diyos, malamang ay nawasak na ang buong sangkatauhan hanggang sa tuluyan silang maglaho. Ito ang prinsipyo ng ginagawa ng Diyos, at ang pamamaraang ginagamit Niya sa paggawa sa Kanyang anim-na-libong-taong plano ng pamamahala. Ipinapakita nito ang kahalagahan ng mga salita ng Diyos. Tumatagos ang mga ito sa kaibuturan ng kaluluwa ng mga tao. Sa sandaling makita ng mga tao ang Kanyang mga salita, namamangha sila at natatakot, at nagmamadaling tumatalilis. Nais nilang takasan ang realidad ng Kanyang mga salita, na siyang dahilan kaya makikita ang mga “takas” na ito sa lahat ng dako. Sa sandaling lumabas ang mga salita ng Diyos, nagtatakbuhan na ang mga tao. Ito ang isang aspeto ng larawan ng kapangitan ng sangkatauhan na inilalarawan ng Diyos. Ngayon mismo, unti-unting nagigising ang lahat ng tao mula sa kanilang pagkatuliro; para bang lahat sila ay nagkaroon na dati ng demensya—at, ngayong nakikita nila ang mga salita ng Diyos, tila nararanasan nila ang nalalabing epekto ng sakit na iyon, at hindi nila mabawi ang dati nilang kalagayan. Ganito ang aktwal na kalagayan ng lahat ng tao, at ito rin ang tunay na paglalarawan ng mga salitang ito: “Maraming tao, na naantig sa bahagyang liwanag na ito, ang agad-agad na napukaw mula sa kanilang mga ilusyon. Subalit wala pang sinumang nakatanto na

dumating na ang araw na bumababa sa mundo ang Aking liwanag.” Ito ang dahilan kaya sinabi ng Diyos: “Karamihan sa mga tao ay natulala sa biglaang pagdating ng liwanag.” Angkop na angkop ang ganitong pagkasabi. Ang paglalarawan ng Diyos sa sangkatauhan ay walang agwat, kahit ipasok pa ang dulo ng isang karayom, at talagang tumpak at walang mali ang pagkasabi Niya rito, na siyang dahilan kaya lubos na nakumbinsi ang lahat ng tao. Bukod pa ryan, ang hindi nila alam, nagsimula nang tumindi ang pagmamahal nila para sa Diyos sa kaibuturan ng kanilang puso. Sa paraang ito lamang nagiging higit na tunay ang posisyon ng Diyos doon, at isang paraan din ito ng paggawa ng Diyos.

“Karamihan sa mga tao ay naguguluhan lamang; nasasaktan ang kanilang mga mata at inihagis sila ng liwanag sa putikan.” Dahil sinasalungat ng gayong mga tao ang kalooban ng Diyos (ibig sabihin, nilalabanan nila ang Diyos), kapag dumarating ang Kanyang mga salita, nagdaranas sila ng pagkastigo dahil sa kanilang pagkasuwail; kaya nga sinasabi na nasasaktan ang kanilang mga mata sa liwanag. Ang gayong uri ng mga tao ay naipasa na kay Satanas; kaya, sa pagpasok sa bagong gawain, wala silang taglay na kaliwanagan ni pagpapalinaw. Lahat ng walang gawain ng Banal na Espiritu ay nasakop na ni Satanas, at walang puwang para sa Diyos sa kaibuturan ng kanilang puso. Sa gayon, sinasabi na “inihagis sila sa putikan.” Lahat ng nasa ganitong kundisyon ay nasa magulong kalagayan. Hindi sila makapasok sa tamang landasin, ni hindi nila mabawi ang normalidad; lahat ng iniisip nila ay salungat. Lahat ng nasa lupa ay nagawang tiwali nang sukdulan ni Satanas. Walang sigla ang mga tao at puno sila ng amoy ng mga bangkay. Nananatiling buhay ang lahat ng tao sa lupa sa gitna ng isang salot ng mga mikrobyo, na hindi matakasan ninuman. Ayaw nilang manatiling buhay sa lupa, ngunit lagi nilang nadarama na may mangyayaring isang bagay na mas dakila upang makita ng mga tao sa sarili nilang mga mata; sa gayon, pinipilit ng mga tao ang kanilang sarili na patuloy na mabuhay. Napakatagal na nilang walang lakas sa kanilang puso; ginagamit lamang nila ang kanilang di-nakikitang mga pag-asa bilang isang espirituwal na haligi, at sa gayon ay itinataas nila ang kanilang ulo sa pagkukunwari na sila ay mga tao at naguguluhan sa kanilang panahon sa lupa. Para bang lahat ng tao ay mga anak ng diyablong nagkatawang-tao. Kaya nga sinabi ng Diyos: “Natatakpan ng kaguluhan ang lupa, isang nakalulungkot na tanawin na, kapag sinuring mabuti, dumaranas ang isang tao ng napakatinding kalungkutan.” Dahil nagsimula na ang sitwasyong ito, sinimulan ng Diyos na “isabog ang mga binhi ng Aking Espiritu” sa buong sansinukob, at sinimulan Niyang isagawa ang Kanyang gawain ng pagliligtas sa buong daigdig. Dahil ito sa pagsulong ng gawaing ito kaya sinimulan ng Diyos na magpaulan ng lahat ng uri ng sakuna, kaya naililigtas ang mga taong matitigas ang puso. Sa mga yugto ng gawain ng Diyos, ang pagliligtas ay nasa anyo pa rin ng iba-ibang sakuna, at walang sinumang tiyak na mapapahamak ang makakatakas sa mga ito. Sa huli lamang magiging posible na makamit ang isang sitwasyon sa lupa na “kasing-payapa ng ikatlong langit: Dito, ang mga bagay na may buhay, malaki man o maliit, ay sama-samang umiiral

nang magkakasundo, na hindi nakikisangkot kailanman sa ‘mga pagtatalo ng bibig at dila.’” Ang isang aspeto ng gawain ng Diyos ay lupigin ang buong sangkatauhan at maangkin ang mga taong hinirang sa pamamagitan ng Kanyang mga salita; ang isa pa ay lupigin ang lahat ng anak na suwail sa pamamagitan ng iba’t ibang sakuna. Isang bahagi ito ng malawakang gawain ng Diyos. Sa ganitong paraan lamang lubusang makakamtan ang kaharian sa lupa na nais ng Diyos, at ito ang bahagi ng Kanyang gawain na lantay na ginto.

Palaging hinihiling ng Diyos na maintindihan ng mga tao ang dinamika ng langit. Talaga bang makakamtan nila ito? Ang realidad ay na, batay sa kasalukuyang aktwal na kalagayan ng mga tao na nagawang tiwali ni Satanas nang mahigit 5,900 taon, hindi sila maikukumpara kay Pedro; sa gayon, talagang hindi nila makakamtan ito. Isa ito sa mga pamamaraan ng gawain ng Diyos. Hindi Niya paghihintayin ang mga tao nang wala silang ginagawa; sa halip ay aktibo Niya silang paghahanapin. Sa ganitong paraan lamang magkakaroon ng pagkakataon ang Diyos na gumawa sa mga tao. Makabubuting handugan kayo ng kaunti pang paliwanag; kung hindi, magkakaroon lamang ng mababaw na pagkaunawa ang mga tao. Matapos likhain ng Diyos ang sangkatauhan at pagkalooban sila ng mga espiritu, inutusan Niya sila na kung hindi sila tatawag sa Kanya, hindi sila makakaugnay sa Kanyang Espiritu at, sa gayon, imposibleng matanggap sa lupa ang “telebisiyong panghimpapawid” mula sa langit. Kapag wala na ang Diyos sa espiritu ng mga tao, may naiwang isang upuang walang-laman para sa iba pang mga bagay, at sa gayon ay sinasamantala ni Satanas ang pagkakataong makapasok. Kapag ang mga tao ay nakikipag-ugnayan sa Diyos sa kanilang puso, natataranta kaagad si Satanas at nagmamadaling tumakas. Sa pamamagitan ng mga pagsamo ng sangkatauhan, ibinibigay sa kanila ng Diyos ang kailangan nila, ngunit hindi Siya “tumatahan” sa loob nila sa simula. Palagi lamang Niya silang binibigyan ng tulong dahil sa kanilang mga pagsamo, at mula sa lakas ng kaloobang iyon nagtatamo ng tibay ang mga tao, kaya hindi nangangahas si Satanas na pumasok para “maglaro” kung kailan niya gusto. Kaya, kung patuloy na nakikipag-ugnayan ang mga tao sa Espiritu ng Diyos, hindi nangangahas si Satanas na pumasok at magsanhi ng mga paggambala. Kung wala ang mga paggambala ni Satanas, normal ang buhay ng lahat ng tao, at sa gayon ay may pagkakataon ang Diyos na gumawa sa kanilang kalooban nang walang hadlang. Sa gayon, maisasakatuparan ang nais gawin ng Diyos sa pamamagitan ng mga tao. Mula rito malalaman kung bakit laging hinihiling ng Diyos sa mga tao na lakasan ang kanilang pananampalataya, at nasabi rin Niya: “Gumagawa Ako ng angkop na mga hinihingi ayon sa tayog ng tao sa lupa. Hindi Ko pinaghirap ang sinuman kailanman, ni hindi Ko hiningi sa kaninuman na ‘pigain ang kanyang dugo’ para sa Aking kaluguran.” Karamihan sa mga tao ay naguguluhan sa mga hinihiling ng Diyos. Nagtataka sila kung bakit, dahil walang gayong kakayahan ang mga tao at hindi na maalís ang pagtitiwali sa kanila ni Satanas, patuloy na gumagawa ng mga kahilingan ang Diyos sa kanila. Hindi ba inilalagay ng Diyos ang mga tao sa isang mahirap na katayuan? Nakikita ang kanilang

seryosong mga mukha, at pagkatapos ay nakikita ang kanilang nakakaasiwang hitsura, hindi mo mapipigilang tumawa. Ang iba-ibang kapangitan ng mga tao ang pinakanakatatawa: Paminsan-minsan, para silang mga batang mahilig maglaro, samantalang paminsan-minsan ay para silang isang batang babaeng musmos na nagkukunwaring “nanay.” Kung minsan para silang isang asong kumakain ng daga. Hindi alam ng isang tao kung tatawa o iiyak sa lahat ng pangit na kalagayan nilang ito, at kadalasan, kapag mas hindi maintindihan ng mga tao ang kalooban ng Diyos, mas malamang na mapahamak sila. Kaya, ang sumusunod na mga salita ng Diyos—“Ako ba ang Diyos na nagpapataw lamang ng katahimikan sa mga nilalang?”—ay sapat na upang ipakita kung gaano kahangal ang mga tao, at ipinakikita rin ng mga ito na walang taong makakaunawa sa kalooban ng Diyos. Kahit isinasatinig Niya kung ano ang Kanyang kalooban, hindi nila ito mapagbigyan. Ginagawa lamang nila ang gawain ng Diyos ayon sa kalooban ng tao. Sa gayon, paano nila maiintindihan ang Kanyang kalooban? “Lumalakad Ako sa lupa, nagsasabog ng Aking bango sa lahat ng dako, at, sa bawat lugar, iniwan Ko ang Aking anyo. Sa bawat lugar ay umaalingawngaw ang Aking tinig. Ginugunita ng mga tao sa lahat ng dako ang magagandang tanawin ng kahapon, sapagkat naaalala ng buong sangkatauhan ang nakaraan ...” Ito ang magiging kalagayan kapag naitatatag ang kaharian. Sa katunayan, sa ilang lugar, naipropesiya na ng Diyos ang kagandahan ng kaganapan ng kaharian, at ang pagsasama-sama ng lahat ng ito ang bumubuo sa buong larawan ng kaharian. Gayunman, hindi ito pinapansin ng mga tao; pinanonood lamang nila ito na parang isang cartoon.

Dahil sa maraming milenyo ng katiwalian ni Satanas, laging nabubuhay ang mga tao sa kadiliman, kaya hindi sila nababagabag nito, ni hindi sila nasasabik sa liwanag. Dahil dito, humantong na ito sa sumusunod kapag dumarating ngayon ang liwanag, “tutol silang lahat sa Aking pagdating, at itinataboy nila ang pagdating ng liwanag, na parang kaaway Ako ng tao sa langit. Sinasalubong Ako ng tao nang may pananggalang na liwanag sa kanyang mga mata.” Bagama’t karamihan sa mga tao ay taos-pusong nagmamahal sa Diyos, hindi pa rin Siya nasisiyahan, at pinarurusahan pa rin Niya ang sangkatauhan. Nakalilito ito sa mga tao. Dahil naninirahan sila sa kadiliman, naglilingkod pa rin sila sa Diyos tulad ng ginagawa nila kapag walang liwanag. Ibig sabihin, naglilingkod sa Diyos ang lahat ng tao gamit ang sarili nilang mga kuru-kuro, at kapag dumarating Siya, gayon ang kanilang kundisyon, at hindi nila kayang maglilingkod sa Diyos sa pamamagitan ng pagtanggap sa bagong liwanag; sa halip, pinaglilingkuran nila Siya gamit ang lahat ng karanasan nila mismo. Hindi nagagalak ang Diyos sa “debosyon” ng sangkatauhan, kaya ang liwanag ay hindi mapupuri ng mga tao sa kadiliman. Kaya nga sinabi ng Diyos ang mga salitang binanggit sa itaas; talagang hindi ito taliwas sa realidad, at hindi ito pagmaltrato ng Diyos sa sangkatauhan, ni hindi Niya sila ginagawan ng mali. Mula sa paglikha ng mundo, wala ni isang tao na talagang nakalasap ng init ng pagmamahal ng Diyos; nag-iingat ang lahat ng tao sa Diyos, natatakot nang husto na pabagsakin Niya sila at puksain. Sa gayon, sa loob ng mahigit

6,000 taong ito, palaging pinapalitan ng Diyos ng init ng pagmamahal ang katapatan ng mga tao, at patuloy silang matiyagang ginagabayan nang paulit-ulit. Ito ay dahil napakahina ng mga tao, at hindi nila lubusang malaman ang kalooban ng Diyos o mahalin Siya nang buong-puso, sapagkat hindi nila mapigilang magpailalim sa manipulasyon ni Satanas. Magkagayunman, nanatiling mapagparaya ang Diyos, at balang araw, matapos maging napakatiyaga—ibig sabihin, kapag pinanibago Niya ang mundo—hindi na Niya kakalingain ang mga tao na tulad ng isang ina. Sa halip, bibigyan Niya ang sangkatauhan ng nararapat na ganti na angkop sa kanila. Dahil dito, ganito ang mangyayari: “Tinatangay ang mga bangkay sa ibabaw ng karagatan,” samantalang “sa mga lugar na walang tubig, tinatamasa pa rin ng ibang mga tao, sa gitna ng tawanan at awitan, ang mga pangakong naipagkaloob Ko sa kanila.” Ito ay isang pagkukumpara sa pagitan ng mga hantungan ng mga pinarurusahan at ng mga ginagantimpalaan. Ang “ibabaw ng karagatan” ay tumutukoy sa walang-hanggang kalaliman ng pagkastigo sa sangkatauhan, na nabanggit ng Diyos. Ito ang hantungan ni Satanas, at ito ang “dakong pahingahan” na naihanda ng Diyos para sa lahat ng lumalaban sa Kanya. Noon pa man ay nais na ng Diyos ang tunay na pagmamahal ng sangkatauhan, subalit hindi ito alam at hindi ito namamalayan ng mga tao, at ginagawa pa rin nila ang kanilang sariling gawain. Dahil dito, sa lahat ng Kanyang mga salita, palaging humihiling ng mga bagay-bagay ang Diyos mula sa mga tao at itinuturo ang kanilang mga pagkukulang, at itinuturo ang landas ng pagsasagawa para sa kanila, upang makapagsagawa sila ayon sa mga salitang ito. Naipakita na Niya ang Kanyang sariling saloobin sa mga tao: “Subalit hindi Ko pinaglaruan kailanman ang buhay ng isang tao na parang isang laruan. Minamasdan Ko ang mga pasakit na nararanasan ng tao at nauunawaan Ko ang halagang kanyang naisakripisyo. Habang nakatayo siya sa Aking harapan, ayaw Kong gulatin ang tao para kastiguhin siya, ni ayaw Ko siyang pagkalooban ng mga bagay na di-kanais-nais. Sa halip, sa buong panahong ito, natustusan Ko lamang at nabigyan ang tao.” Kapag binabasa ng mga tao ang mga salitang ito na nagmula sa Diyos, agad nilang nadarama ang init ng Kanyang pagmamahal, at iniisip nila: Tunay nga, noong araw ay gumugol ako para sa Diyos, ngunit natrato ko rin Siya nang walang sigla, at nagreklamo ako sa Kanya paminsan-minsan. Noon pa man ay ginagabayan na ako ng Diyos sa Kanyang mga salita, at masyado Siyang nagbibigay-pansin sa aking buhay, subalit paminsan-minsan ay pinaglalaruan ko ito na parang isang laruan. Hindi Ko talaga dapat gawin ito. Mahal na mahal ako ng Diyos, kaya bakit hindi ako makapagsikap nang sapat? Kapag naiisip nila ito, talagang gustong sampalin ng mga tao ang sarili nilang mukha, at kumikibot pa ang ilong ng ilang tao at sumisigaw sila nang malakas. Nauunawaan nang husto ng Diyos ang kanilang iniisip at sinasabi, at ang ilang salitang ito—na hindi matigas ni malambot—ay naghihikayat ng pagmamahal ng mga tao para sa Kanya. Sa huli, ipinropesiya ng Diyos ang pagbabago sa Kanyang gawain kapag buo na ang kaharian sa lupa: Kapag narito ang Diyos sa lupa, magiging malaya ang mga tao mula sa mga sakuna at kalamidad, at makakayang magpasarap sa biyaya; gayunman, kapag sinimulan

Niya ang paghatol ng dakilang araw, iyon ay kapag nagpapakita Siya sa lahat ng tao, at matatapos ang Kanyang buong gawain sa lupa. Sa panahong iyon, dahil dumating na ang araw na iyon, magiging tulad lamang ito ng nakasaad sa Bibliya: “Ang liko, ay magpakaliko pa: at ang banal, ay magpakabanal pa.” Ang masama ay hahantong sa pagkastigo, at ang banal ay haharap sa luklukan. Wala ni isang tao ang magtatamo ng pagpapalayaw ng Diyos; kahit ang mga anak at mga tao ng kaharian. Lahat ito ay katuwiran ng Diyos, at lahat ito ay isang paghahayag ng Kanyang disposisyon. Hindi Siya magpapakita ng pag-aalala sa mga kahinaan ng sangkatauhan sa pangalawang pagkakataon.

Kabanata 18

Lahat ng salita ng Diyos ay naglalaman ng bahagi ng Kanyang disposisyon. Ang disposisyon ng Diyos ay hindi lubusang maipapahayag sa mga salita, kaya sapat na ito upang ipakita kung gaano talaga ang kasaganaang nasa Kanya. Kung ano ang nakikita at nahihipo ng mga tao, kunsabagay, ay limitado, gaya ng kakayahan ng mga tao. Bagama’t malinaw ang mga salita ng Diyos, hindi kaya ng mga tao na lubusang maunawaan ang mga ito. Ipaghalimbawa na ang mga salitang ito: “Sa isang paghaginit ng kidlat, nabubunyag ang tunay na anyo ng bawat hayop. Gayundin naman, natatanglawan ng Aking liwanag, nabawi na ng tao ang kabanalang minsan niyang tinaglay. Ah, tiwaling mundo noong araw! Sa wakas, nabuwal na ito tungo sa maruming tubig at, habang lumulubog pailalim, naglaho sa putikan!” Lahat ng salita ng Diyos ay naglalaman ng Kanyang pagkatao, at bagama’t batid ng lahat ng tao ang mga salitang ito, walang nakaalam ng kahulugan ng mga ito kailanman. Sa mga mata ng Diyos, lahat ng lumalaban sa Kanya ay Kanyang mga kaaway, ibig sabihin, yaong mga nabibilang sa masasamang espiritu ay mga hayop. Mula rito, mapapansin ng isang tao ang totoong kalagayan ng iglesia. Lahat ng tao ay nililiwanagan ng mga salita ng Diyos, at sa liwanag na ito, sinusuri nila ang kanilang sarili nang hindi sumasailalim sa pangangaral o pagkastigo o tuwirang pagtitiwalag ng iba, nang hindi sumasailalim sa iba pang mga paraan ng tao sa paggawa ng mga bagay-bagay, at hindi itinuturo ng iba ang mga bagay-bagay. Mula sa “pananaw ng isang mikroskopyo,” nakikita nila nang napakalinaw kung gaano talaga kalala ang sakit na nasa loob nila. Sa mga salita ng Diyos, bawat klase ng espiritu ay inuuri at inihahayag sa orihinal na anyo nito; ang mga may espiritu ng mga anghel ay higit na pinagliliwanag at nililiwanagan, kaya nga ganito ang mga salita ng Diyos: “nabawi na nila ang kabanalang minsan nilang tinaglay.” Ang mga salitang ito ay batay sa huling resultang nakamit ng Diyos. Sa sandaling ito, siyempre pa, hindi pa lubos na makakamit ang resultang ito—patikim lamang ito, para makita rito ang kalooban ng Diyos. Sapat na ang mga salitang ito upang ipakita na maraming tao ang magpapatirapa sa mga salita ng Diyos at matatalo sa unti-unting proseso ng

pagpapabanal sa lahat ng tao. Dito, hindi sinasalungat ng “naglaho sa putikan” ang pagwasak ng Diyos sa mundo gamit ang apoy, at ang “kidlat” ay tumutukoy sa galit ng Diyos. Kapag inilalabas ng Diyos ang Kanyang matinding galit, mararanasan ng buong mundo ang lahat ng uri ng sakuna dahil dito, tulad ng pagputok ng isang bulkan. Nakatayo sa itaas sa langit, makikita na sa lupa, lahat ng uri ng kalamidad ay dumarating sa buong sangkatauhan, papalapit bawat araw. Habang nakatingin sa ibaba mula sa itaas, nagpapakita ang daigdig ng sari-saring mga tagpo na gaya noong bago dumating ang isang lindol. Hindi mapigil ang pagkalat ng likidong apoy, dumadaloy nang malaya ang kumukulong putik, nagbabago ang mga bundok, at kumikislap ang malamig na liwanag sa lahat. Nasadlak na sa apoy ang buong mundo. Ito ang tagpo ng paglalabas ng Diyos ng Kanyang galit, at ito ang panahon ng Kanyang paghatol. Lahat ng mayroong laman at dugo ay hindi makakatakas. Sa gayon, ang mga digmaan sa pagitan ng mga bansa at mga alitan sa pagitan ng mga tao ay hindi kakailanganin para wasakin ang buong mundo; sa halip, ang mundo ay “sadyang masisiyahan sa sarili nito” sa loob ng duyan ng pagkastigo ng Diyos. Walang makakatakas; bawat tao ay kailangang magdaan sa pagsubok na ito, nang isa-isa. Pagkatapos niyon, ang buong sansinukob ay muling kikislap sa banal na kaningningan at ang buong sangkatauhan ay muling magsisimula ng isang bagong buhay. At mamamahinga ang Diyos sa ibabaw ng sansinukob at pagpapalain ang buong sangkatauhan bawat araw. Hindi na magiging lubhang mapanglaw ang langit, kundi mapapanumbalik ang siglang hindi na nito tinaglay mula nang likhain ang mundo, at ang pagsapit ng “ikaanim na araw” ay kung kailan magsisimula ang Diyos ng isang bagong buhay. Ang Diyos at sangkatauhan ay kapwa papasok sa kapahingahan at ang sansinukob ay hindi na magiging malabo o marumi, kundi mapapanibago. Kaya nga sinabi ng Diyos: “Hindi na tahimik at walang ingay na parang libingan ang mundo, hindi na mapanglaw at malungkot ang langit.” Sa kaharian ng langit, hindi nagkaroon kailanman ng kasamaan o mga damdamin ng tao, o anuman sa tiwaling disposisyon ng sangkatauhan, dahil wala roon ang panggugulo ni Satanas. Nauunawaang lahat ng “mga tao” ang mga salita ng Diyos, at ang buhay sa langit ay isang buhay na puno ng kagalakan. Lahat ng nasa langit ay may karunungan at dignidad ng Diyos. Dahil sa mga pagkakaiba sa pagitan ng langit at lupa, ang mga mamamayan ng langit ay hindi tinatawag na “mga tao”; sa halip, tinatawag sila ng Diyos na “mga espiritu.” May mahahalagang pagkakaiba ang dalawang salitang ito—yaong mga tinatawag ngayon na “mga tao” ay nagawang tiwali ni Satanas, samantalang ang “mga espiritu” ay hindi. Sa huli, gagawin ng Diyos ang mga tao sa lupa na mga nilalang na may mga katangian ng mga espiritu sa langit, at sa gayon ay hindi na sila mapapailalim sa panggugulo ni Satanas. Ito ang tunay na kahulugan ng mga salitang “Ang Aking kabanalan ay umabot na sa buong sansinukob.” “Ang mundo sa una nitong kalagayan ay pag-aari ng langit, at ang langit ay kaugnay ng lupa. Ang tao ang tali na nag-uugnay sa langit at lupa, at dahil sa kabanalan ng tao, dahil sa pagpapanibago ng tao, hindi na nakatago ang langit mula sa lupa, at hindi na tahimik ang lupa ukol sa langit.” Sinasabi

ito patungkol sa mga taong may mga espiritu ng mga anghel, at sa puntong ito, muling magagawa ng “mga anghel” na sama-samang umiral nang payapa at mabawi ang kanilang orihinal na kalagayan, hindi na nahahati ng katawang-tao sa pagitan ng mga dako ng langit at lupa. Magagawang makipag-ugnayan ng “mga anghel” sa lupa sa mga anghel sa langit, malalaman ng mga tao sa lupa ang mga hiwaga ng langit, at malalaman ng mga anghel sa langit ang mga lihim ng mundo ng tao. Magkakaisa ang langit at lupa, at walang agwat sa pagitan ng mga ito. Ito ang kagandahan ng kaganapan ng kaharian. Ito ang kukumpletuhin ng Diyos, at isang bagay ito na inaasam ng lahat ng tao at espiritu. Ngunit walang alam ang mga nasa relihiyosong mundo tungkol dito. Naghihintay lamang sila kay Jesus na Tagapagligtas na dumating sakay ng isang puting ulap at kunin ang kanilang kaluluwa, na iniwan ang “basura” na nakakalat sa buong daigdig (ang “basura” ay tumutukoy rito sa mga bangkay). Hindi ba ito isang kuru-kuro ng lahat ng tao? Kaya nga sinabi ng Diyos: “Ah, ang relihiyosong mundo! Paanong hindi ito mawawasak ng Aking awtoridad sa lupa?” Dahil nagawa nang ganap ang mga tao ng Diyos sa lupa, mababaligtad ang relihiyosong mundo. Ito ang tunay na kahulugan ng “awtoridad” na binanggit ng Diyos. Sabi ng Diyos: “Mayroon ba, sa Aking panahon, na nagbibigay ng kahihiyan sa Aking pangalan? Mapitagang nakatingin sa Akin ang lahat ng tao, at sa puso nila, lihim silang nananawagan sa Akin.” Ito ang Kanyang sinabi tungkol sa mga bunga ng pagkawasak ng relihiyosong mundo. Magpapasakop ito nang buong-buo sa harap ng luklukan ng Diyos dahil sa Kanyang mga salita, at hindi na maghihintay pang bumaba ang isang puting ulap o tumingin sa langit, kundi sa halip ay malulupig sa harap ng luklukan ng Diyos. Kaya ang mga salitang “sa puso nila, lihim silang nananawagan sa Akin”—ito ang kalalabasan ng relihiyosong mundo, na lulupiging lahat ng Diyos. Ito ang tinutukoy ng pagiging makapangyarihan sa lahat ng Diyos—pagpapabagsak sa lahat ng relihiyosong tao, ang pinakasuwail sa sangkatauhan, upang hindi na sila muling kumapit kailanman sa sarili nilang mga kuru-kuro upang makilala nila ang Diyos.

Bagama’t paulit-ulit nang nakinita sa mga salita ng Diyos ang kagandahan ng kaharian, nabanggit ang iba’t ibang aspeto nito at inilarawan ito mula sa iba’t ibang mga pananaw, hindi pa rin lubos na maipapahayag ng mga ito ang bawat kalagayan ng Kapanahunan ng Kaharian dahil ang kakayahang tumanggap ng mga tao ay kulang na kulang. Nasambit na ang lahat ng salita ng Kanyang mga pahayag, ngunit hindi pa nasusuri nang husto ng mga tao ang mga ito, gamit ang mga X-ray, ika nga, at sa gayon ay hindi nila ito malinawan at maunawaan, at naguguluhan pa nga sila. Ito ang pinakamalaking depekto ng laman. Bagama’t sa kanilang puso, nais ng mga tao na mahalin ang Diyos, nilalabanan nila Siya dahil sa panggugulo ni Satanas, kaya pinupukaw na ng Diyos maya’t maya ang manhid at hangal na puso ng mga tao upang magising sila. Ang inilalantad lamang ng Diyos ay ang kapangitan ni Satanas, kaya kapag mas marahas ang Kanyang mga salita, mas napapahiya si Satanas, mas lumuluwag ang gapos sa puso ng mga tao, at mas mapupukaw ang pagmamahal ng mga tao. Ganito kung gumawa ang Diyos. Dahil nailantad na si Satanas at dahil nakita

ang kalooban nito, hindi na ito nangangahas na sakupin ang puso ng mga tao, at sa gayon ay hindi na naliligalig ang mga anghel. Sa ganitong paraan, minamahal nila ang Diyos nang kanilang buong puso't isipan. Sa pagkakataong ito malinaw na makikita na, sa kanilang tunay na pagkatao, ang mga anghel ay pag-aari ng Diyos at mahal nila ang Diyos. Sa landas na ito lamang matutupad ang kalooban ng Diyos. "Sa kaibuturan ng puso ng lahat ng tao, mayroon nang puwang para sa Akin. Hindi Ko na tutugunan ng pagkamuhi o pagtatakwil ang mga tao, sapagkat naisakatuparan na ang Aking dakilang gawain, at wala nang humahadlang." Ito ang kahulugan ng inilarawan sa itaas. Dahil sa panliligalig ni Satanas, walang oras ang mga tao para mahalin ang Diyos at lagi silang napupuluputan ng mga bagay ng mundo at nalililang ni Satanas kaya kumikilos sila dahil sa kalituhan. Kaya nga sinabi na ng Diyos na ang sangkatauhan ay "sumailalim na sa napakaraming hirap ng buhay, napakaraming kawalang-katarungan ng mundo, napakaraming pagkabagabag sa mundo ng tao, ngunit ngayon ay nananahan sila sa Aking liwanag. Sino ang hindi umiiyak sa mga kawalang-katarungan ng nakaraan?" Nang marinig ng mga tao ang mga salitang ito, pakiramdam nila ay parang kapareha nila ang Diyos sa kalungkutan, nakikiramay sa kanila at, sa sandaling iyon, ibinabahagi ang kanilang mga reklamo. Bigla nilang nadarama ang pasakit ng mundo ng tao at iniisip nila: "Totoo talaga iyan—hindi ako nasiyahan kailanman sa anumang bagay sa mundo. Mula nang lumabas ako mula sa sinapupunan ng aking ina hanggang ngayon, naranasan ko na ang buhay ng tao at wala akong napalang anuman, kundi labis akong nagdusa. Hungkag talaga ang lahat! At ngayon ay labis akong ginawang tiwali ni Satanas! Ah! Kung hindi dahil sa pagliligtas ng Diyos, pagsapit ng oras ng aking kamatayan, hindi ba walang kabuluhan ang buhay ko? Mayroon bang anumang kahulugan ang buhay ng tao? Kaya pala sinabi ng Diyos na lahat na nasa ilalim ng araw ay hungkag. Kung hindi ako naliwanagan ng Diyos ngayon, nasa kadiliman pa rin sana ako. Nakakaawa!" Sa puntong ito, may nabuong pangamba sa kanilang puso: "Kung hindi ko makakamtan ang pangako ng Diyos, paano ako patuloy na mabubuhay?" Lahat ng nagbabasa sa mga salitang ito ay talagang mapapaiyak habang nagdarasal. Ganyan ang sikolohiya ng tao. Imposibleng basahin ito ng isang tao nang hindi nagkakaroon ng anumang reaksiyon, maliban kung hindi matino ang kanilang pag-iisip. Araw-araw, inihahayag ng Diyos ang mga kalagayan ng lahat ng klase ng mga tao. Kung minsan, naglalabas Siya ng mga hinaing para sa kanila. Kung minsan, tinutulungan Niya ang mga tao na tagumpay na malampasan ang isang partikular na sitwasyon. Kung minsan, itinuturo Niya ang "mga pagbabago" ng mga tao para sa kanila. Kung hindi, hindi malalaman ng mga tao kung gaano na sila lumago sa buhay. Kung minsan, itinuturo ng Diyos ang mga karanasan ng mga tao sa realidad, at kung minsan, itinuturo Niya ang kanilang mga kakulangan at kapintasan. Kung minsan, nagbibigay Siya ng mga bagong kahilingan sa kanila, at kung minsan, itinuturo Niya ang antas ng kanilang pagkaunawa sa Kanya. Gayunman, sinabi na rin ng Diyos: "Narinig Ko na ang taos-pusong mga salitang sinambit ng napakaraming tao, mga kuwento mula sa napakaraming tao tungkol

sa kanilang masasakit na karanasan sa gitna ng pagdurusa; napakarami Ko nang nakita, na napakagrabe ng kalagayan, na walang maliw na naghahandog ng kanilang katapatan sa Akin, at napakarami Ko nang namasdan, nang tahakin nila ang mabatong landas, na naghanap ng daan para makalabas.” Ito ay isang paglalarawan ng mga positibong tauhan. Sa bawat kabanata ng “drama ng kasaysayan ng tao,” hindi lamang mga positibong tauhan ang naroon kundi pati na mga negatibong tauhan. Samakatuwid, patuloy na inihahayag ng Diyos ang kapangitan ng mga negatibong tauhang ito. Sa gayon, sa pamamagitan lamang ng kaibhan nila sa “mga traydor” nabubunyag ang dinatitinag na katapatan at walang-takot na katapangan ng “mga taong matuwid.” Sa buhay ng lahat ng tao, mayroong mga negatibong bagay at, walang eksepsyon, mayroon ding mga positibong bagay. Ginagamit sila pareho ng Diyos upang ihayag ang katotohanan tungkol sa lahat ng tao, upang magyuko ng ulo ang mga traydor at umamin sa kanilang mga kasalanan, at upang sa paghihikayat ay patuloy na maging matapat ang mga taong matuwid. Ang mga implikasyon ng mga salita ng Diyos ay napakalalim. Kung minsan, binabasa ng mga tao ang mga ito at nag-aalumpihit sa katatawa, samantalang sa ibang mga pagkakataon, tahimik lamang silang nagyuyuko ng ulo. Kung minsan ay ginugunita nila ang nakaraan, kung minsan naman ay umiiyak sila nang may kapaitan at inaamin ang kanilang mga kasalanan, kung minsan ay nangangapa sila, at kung minsan ay naghahanap sila. Sa kabuuan, may mga pagbabago sa mga reaksiyon ng mga tao dahil sa iba’t ibang sitwasyon kung saan nagsasalita ang Diyos. Kapag binabasa ng isang tao ang mga salita ng Diyos, kung minsan ay maaari pa ngang mapagkamalan ng mga istambay na sira ang ulo ng taong iyon. Pag-isipan ang mga salitang ito: “Kaya nga, wala na ang mga kontrahang pagtatalo sa lupa, at, kasunod ng paglabas ng Aking mga salita, inalis ang sari-saring ‘mga armas’ ng modernong panahon.” Ang salitang “mga armas” ay sapat na upang magpasimula ng tawanan sa buong maghapon, at kung sakaling maalaala ng isang tao ang salitang “mga armas,” hahagalpak sila ng tawa sa kanilang sarili. Hindi ba ganoon? Paanong hindi ka matatawa rito?

Kapag tumatawa ka, huwag mong kalimutang unawain ang mga hinihiling ng Diyos sa sangkatauhan, at huwag mong kalimutang tingnan ang tunay na kalagayan ng iglesia: “Nakabalik na ang buong sangkatauhan sa normal na kalagayan at nagsimula na sa isang bagong buhay. Nananahan sa mga bagong kapaligiran, inililibot ng maraming tao ang kanilang tingin sa paligid, na nadarama na para silang nakapasok sa isang lubos na panibagong mundo, at dahil dito, hindi sila makaangkop kaagad sa kanilang kasalukuyang kapaligiran o makapasok kaagad sa tamang landas.” Ito ang kasalukuyang tunay na kalagayan ng iglesia. Huwag kang masyadong mag-alala na makapasok kaagad ang lahat ng tao sa tamang landas. Kapag nakasulong na ang gawain ng Banal na Espiritu sa isang partikular na punto, papasukin ito ng lahat ng tao nang hindi nila namamalayan. Kapag nauunawaan mo ang pinakadiwa ng mga salita ng Diyos, malalaman mo kung hanggang saang punto na ang nagawa ng Kanyang Espiritu. Ang kalooban ng Diyos ay: “Nangangasiwa lamang Ako, ayon sa kasamaan ng tao, ng

isang angkop na sukat ng ‘pagtuturo,’ upang mas magawa ng lahat na tumahak sa tamang landas.” Ito ang paraan ng pagsasalita at paggawa ng Diyos, at ito rin ang partikular na landas ng pagsasagawa ng sangkatauhan. Pagkatapos nito, itinuro Niya para sa mga tao ang isa pa sa mga kalagayan ng sangkatauhan: “Kung ayaw ng mga tao na tamasahin ang lubos na kaligayahang nasa Akin, makakaayon lamang Ako sa kung saan nila naituon ang kanilang puso at ipadadala Ko sila sa walang-hanggang kalaliman.” Puspusing nagsalita ang Diyos at iniwan ang mga tao na wala kahit kapisang pagkakataon para magreklamo. Ito mismo ang pagkakaiba sa pagitan ng Diyos at tao. Palaging nagsasalita nang hayagan at malaya ang Diyos sa tao. Sa lahat ng sinasabi ng Diyos, nakikita ng isang tao ang Kanyang pusong taos, na nagiging dahilan para ikumpara ng mga tao ang sarili nilang puso sa Kanyang puso at nagagawa nilang buksan ang kanilang puso sa Kanya, upang makita Niya kung saang kulay ng bahaghari sila kasama. Hindi napuri ng Diyos ang pananampalataya o pagmamahal ng sinumang tao kailanman, kundi palagi na Niyang hinihilingan ang mga tao at inilalantad ang kanilang kapangitan. Ipinapakita nito kung gaano kaliit ang “tayog” ng mga tao at gaano kalaki ang kulang sa kanilang “pangangatawan.” Kailangan nila ng mas maraming “ehersisyo” para mapunan ang mga kakulangang ito, kaya nga palaging “naglalabas ng Kanyang galit” ang Diyos sa mga tao. Balang araw, kapag naihayag na ng Diyos ang buong katotohanan tungkol sa sangkatauhan, magagawang ganap ang mga tao, at mapapanatag ang Diyos. Hindi na aamuin ng mga tao ang Diyos, at hindi na Niya sila “tuturuan.” Mula sa sandaling iyon, ang mga tao ay magagawa nang “mamuhay nang mag-isa,” ngunit hindi pa ngayon. Marami pa ring matatawag na “huwad” sa kalooban ng mga tao, at ilang ulit pang pagsusuri ang kailangan, ilang ulit pang “mga pagsisiyasat” kung saan maaaring bayaran nang wasto ang kanilang “mga buwis.” Kung mayroon pa ring mga huwad na produkto, kukumpiskahin ang mga ito para hindi maibenta, at pagkatapos ay sisirain ang bunton ng mga kontrabandong produktong iyon. Hindi ba magandang paraan ito ng paggawa ng mga bagay-bagay?

Kabanata 19

Sa imahinasyon ng mga tao, tila ang Diyos ay napakatayog, at hindi Siya maarok. Parang hindi naninirahan ang Diyos sa piling ng sangkatauhan at parang hinahamak Niya ang mga tao dahil napakatayog Niya. Gayunman, dinudurog ng Diyos ang mga kuru-kuro ng mga tao at inaalis ang lahat ng iyon, ibinabaon ang mga iyon sa “mga nitso” kung saan nagiging abo ang mga iyon. Ang saloobin ng Diyos tungo sa mga kuru-kuro ng sangkatauhan ay kahalintulad ng Kanyang saloobin sa mga patay, na binibigyang-kahulugan ang mga iyon ayon sa kanilang kagustuhan. Tila walang mga reaksiyon ang mga “kuru-kuro”; samakatuwid, ginagawa na ng Diyos ang gawaing ito mula nang likhain ang mundo hanggang ngayon, at hindi kailanman tumigil. Dahil sa laman, ginagawang

tiwali ni Satanas ang mga tao, at dahil sa mga kilos ni Satanas sa lupa, nabubuo ng mga tao ang lahat ng uri ng kuru-kuro sa kanilang mga karanasan. Tinatawag itong “natural na pagbuo.” Ito ang huling yugto ng gawain ng Diyos sa lupa, kaya ang pamamaraan ng Kanyang gawain ay nakarating na sa tuktok nito, at pinag-iibayo Niya ang Kanyang pagsasanay sa mga tao upang magawa silang ganap sa Kanyang huling gawain, at sa huli ay mapalugod ang kalooban ng Diyos. Dati-rati, mayroon lamang kaliwanagan at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu sa mga tao, ngunit walang sinambit na mga salita ang Diyos Mismo. Nang magsalita ang Diyos sa sarili Niyang tinig, namangha ang lahat, at ang mga salita ngayon ay mas nakakatuliro pa. Mas mahirap pang maarok ang kahulugan ng mga iyon, at tila manghang-mangha ang mga tao, dahil limampung porsiyento ng Kanyang mga salita ay dumarating sa pagitan ng mga tandang panipi. “Kapag nagsasalita Ako, nakikinig ang mga tao sa Aking tinig nang mapitagan; kapag tumatahimik Ako, sinisimulan nilang muli ang sarili nilang mga ‘pakikipagsapalaran.’” Ang talatang iyan ay naglalaman ng isang salita na nakapanipi. Kapag mas nakakatawa ang pananalita ng Diyos, tulad ng ginagawa Niya rito, mas naaakit Niya ang mga tao na basahin ang mga ito. Nagagawang tanggapin ng mga tao ang mapakitunguhan kapag nakapahinga sila. Gayunman, una sa lahat, ito ay upang pigilan ang mas maraming tao na panghinaan ng loob o madismaya kapag hindi nila nauunawaan ang mga salita ng Diyos. Ito ay isang taktika sa pakikidigma ng Diyos laban kay Satanas. Sa paraang ito lamang mananatiling interesado ang mga tao sa mga salita ng Diyos at patuloy na bibigyang-pansin ang mga iyon kahit nagugulumihanan sila. Gayunman, mayroon ding kabigha-bighani sa lahat ng Kanyang salita na hindi nakapanipi, kaya nga mas kapansin-pansin ang mga ito at nagiging dahilan upang mas lalong mahalin ng mga tao ang mga salita ng Diyos at madama ang tamis ng Kanyang mga salita sa sarili nilang puso. Dahil dumarating ang mga salita ng Diyos sa iba-ibang anyo, at sagana at magkakaiba, at dahil walang pag-uulit ng mga pangngalan sa maraming salita ng Diyos, sa kanilang ikatlong pandama, naniniwala ang mga tao na ang Diyos ay laging bago at hindi kailanman luma. Halimbawa: “Hindi Ko hinihingi na maging mga ‘tagagamit’ lamang ang mga tao; hinihingi Ko rin na maging mga ‘tagagawa’ sila na nakakatalo kay Satanas.” Ang mga salitang “tagagamit” at “tagagawa” sa pangungusap na iyan ay may kaparehong kahulugan sa ilang salitang sinambit sa nakaraang mga panahon, ngunit hindi nagmamatigas ang Diyos; sa halip, ipinababatid Niya sa mga tao ang Kanyang kasariwaan at sa gayon ay pinahahalagahan ang pagmamahal ng Diyos. Ang pagpapatawa sa pananalita ng Diyos ay naglalaman ng Kanyang paghatol at Kanyang mga hiling sa sangkatauhan. Dahil may mga layunin ang lahat ng salita ng Diyos, dahil lahat ng iyon ay may kahulugan, ang Kanyang pagpapatawa ay hindi lamang para pagaanin ang kapaligiran o para magtawanan ang mga tao, ni hindi iyon para mapahinga ang kanilang mga kalamnan. Sa halip, ang layon ng pagpapatawa ng Diyos ay palayain ang mga tao mula sa limang libong taon ng pagkaalipin, upang hindi na alipining muli, kaya mas natatanggap nila ang mga salita ng Diyos. Ang pamamaraan

ng Diyos ay ang gumamit ng isang kutsarang asukal para malunok ang gamot; hindi Niya sapilitang ipinalulunok ang mapait na gamot sa lalamunan ng mga tao. May kapaitan sa loob ng matamis, at may tamis din sa loob ng mapait.

“Kapag nagsisimulang lumitaw ang bahagyang kislap ng liwanag sa Silangan, mas pinapansin ito nang kaunti ng lahat ng tao sa loob ng sansinukob. Hindi na gaanong mahimbing sa pagkatulog, nakikipagsapalaran ang mga tao upang pagmasdan ang pinagmumulan ng liwanag na ito sa silangan. Dahil sa kanilang limitadong kakayahan, wala pang nakakita sa lugar na pinagmumulan ng liwanag.” Ito ang nangyayari sa lahat ng dako sa sansinukob, hindi lamang sa mga anak ng Diyos at Kanyang mga tao. Ganito ang reaksiyon ng mga tao sa mga relihiyosong grupo at mga walang pananampalataya. Sa sandaling sumikat ang liwanag ng Diyos, unti-unting nagbabago ang puso nilang lahat, at nagsisimula silang matuklasan nang di-namamalayan na walang kuwenta ang kanilang buhay, na walang halaga ang buhay ng tao. Hindi nagsisikap ang mga tao na magkaroon ng hinaharap, hindi nila iniisip ang kinabukasan, o hindi sila nag-aalala tungkol sa kinabukasan; sa halip, nanghahawakan sila sa ideya na dapat silang kumain at uminom ng mas marami habang “bata” pa sila, at na magiging sulit ang lahat ng ito kapag dumating ang huling araw. Walang anumang hangarin ang mga tao na pamahalaan ang mundo. Ang sigla ng pagmamahal ng sangkatauhan para sa mundo ay lubos na ninakaw ng “diyablo,” ngunit walang sinumang nakakaalam kung ano ang ugat. Ang tanging magagawa nila ay magparoo’t parito, na binabalitaan ang isa’t isa, sapagkat hindi pa dumarating ang araw ng Diyos. Balang araw, makikita ng lahat ang mga kasagutan sa lahat ng hiwagang di-maaarok. Ito mismo ang ibig sabihin ng mga salita ng Diyos na “Gumigising ang mga tao mula sa pagtulog at pananaginip, at saka lamang nila natatanto na unti-unti nang dumarating sa kanila ang Aking araw.” Kapag dumating ang panahong iyan, lahat ng taong kabilang sa Diyos ay magiging katulad ng mga dahong luntian na “naghihintay na gampanan ang sarili nilang bahagi para sa Akin habang Ako ay nasa lupa.” Napakarami sa mga tao ng Diyos sa Tsina ang bumabalik pa rin sa dati matapos bumigkas ang Diyos sa Kanyang tinig, kaya nga sinasabi ng Diyos, “subalit, dahil walang kapangyarihang baguhin ang mga pangyayari, wala silang magagawa kundi hintayin Akong magpahayag ng kaparusahan.” Magkakaroon pa rin ng ilan sa kanila na aalisin—hindi lahat ay mananatiling hindi nagbabago. Sa halip, makakatugon lamang sa pamantayan ang mga tao matapos sumailalim sa pagsubok, kung saan bibigyan sila ng “mga sertipiko ng kalidad”; kung hindi, magiging dumi sila sa bunton ng basura. Palaging tinutukoy ng Diyos ang tunay na kalagayan ng sangkatauhan, kaya lalong nadarama ng mga tao ang kahiwagaan ng Diyos. “Kung hindi Siya ang Diyos, paano Niya malalaman nang husto ang ating tunay na kalagayan?” Magkagayunman, dahil sa kahinaan ng mga tao, “sa puso ng mga tao, hindi Ako matayog ni mababa. Para sa kanila, hindi mahalaga kung umiiral Ako o hindi.” Hindi ba ito mismo ang kalagayan ng lahat ng tao na angkop na angkop sa realidad? Para sa mga tao, umiiral ang Diyos kapag hinahanap nila Siya at hindi Siya umiiral kapag hindi

nila Siya hinahanap. Sa madaling salita, umiiral ang Diyos sa puso ng mga tao sa sandaling kailangan nila ang tulong Niya, ngunit kapag hindi na nila Siya kailangan, hindi na Siya umiiral. Ito ang nakapaloob sa mga puso ng mga tao. Ang totoo, ganito ang pag-iisip ng lahat sa lupa, pati na lahat ng “ateista,” at ang kanilang “impresyon” sa Diyos ay malabo rin at mahirap unawain.

“Samakatuwid, ang kabundukan ay nagiging mga hangganan sa pagitan ng mga bansa sa lupa, ang mga tubig ay nagiging mga harang para mapanatiling magkakahiwalay ang mga tao sa iba’t ibang lupain, at ang hangin ay nagiging yaong umiihip sa pagitan ng mga tao sa mga espasyo sa ibabaw ng lupa.” Ito ang gawaing ginawa ng Diyos habang nililikha ang mundo. Ang pagbanggit nito rito ay nakakagulo sa isip ng mga tao: Maaari kaya na nais ng Diyos na lumikha ng isa pang mundo? Makatwirang sabihin ito: Tuwing magsasalita ang Diyos, ang Kanyang mga salita ay naglalaman ng paglikha, pamamahala, at pagwasak sa mundo; kaya lamang kung minsan ay malinaw ang mga ito, at kung minsan ay malabo ang mga ito. Nakapaloob sa Kanyang mga salita ang buong pamamahala ng Diyos; kaya lamang ay hindi maliwanagan ng mga tao ang mga iyon. Ang mga pagpapalang ipinagkakaloob ng Diyos sa mga tao ay pinalalago ang kanilang pananampalataya nang isandaang ulit. Mula sa labas, tila бага nangangako ang Diyos sa kanila, ngunit sa diwa ay isa itong sukatan para sa mga hinihiling ng Diyos sa mga tao ng Kanyang kaharian. Yaong mga akmang kasangkapanin ay mananatili, samantalang yaong mga hindi ay lalamunin sa isang kalamidad na bubuhos mula sa langit. “Ibubuwal ng kulog, na dumadagundong sa kalangitan, ang mga tao; habang nakabuwal sila, ibabaon sila ng matataas na bundok; lalapain sila ng gutom na mababangis na hayop; at lulunurin sila ng dumadaluyong na mga karagatan. Habang abala ang sangkatauhan sa alitan ng magkakapatid, hahangarin ng lahat ng tao ang sarili nilang pagkawasak sa mga kalamidad na nagmumula sa kanila.” Ito ang “espesyal na pagtrato” na ipapataw sa mga hindi nakatugon sa mga pamantayan at hindi ililigtas sa kaharian ng Diyos pagkatapos. Habang mas sinasabi ng Diyos ang mga bagay na tulad ng, “Siguradong kayo, sa ilalim ng patnubay ng Aking liwanag, ay makakawala mula sa pagsakal ng mga puwersa ng kadiliman. Sa gitna ng kadiliman, siguradong hindi mawawala sa inyo ang liwanag na gumagabay sa inyo,” mas nagkakaroon ng kamalayan ang mga tao sa sarili nilang pagiging kagalang-galang; sa gayon, higit ang kanilang pananampalataya na maghangad ng bagong buhay. Ibinibigay ng Diyos sa mga tao ang hinihiling nila sa Kanya. Kapag nailantad na sila ng Diyos sa isang tiyak na antas, binabago Niya ang Kanyang paraan ng pananalita, gamit ang isang tono ng pagbabasbas na matamo ang pinakamagaling na resulta. Dahil lahat ng tao ay handang makipagkalakalan sa kanilang mga katapat—lahat sila ay eksperto sa negosyo—ito mismo ang pinapasukan ng Diyos sa pagsasabi nito. Kaya, ano ang “Sinim”? Hindi tinutukoy ng Diyos dito ang kaharian sa lupa, na ginawang tiwali ni Satanas, kundi sa halip ay isang pagtitipon ng lahat ng anghel na nanggaling sa Diyos. Ang mga salitang “matatag at di-natitinag” ay nagpapahiwatig na malalampasan ng mga anghel ang lahat

ng puwersa ni Satanas, at dahil doon ay itatatag ang Sinim sa buong sansinukob. Sa gayon, ang tunay na kahulugan ng Sinim ay isang pagtitipon ng lahat ng anghel sa lupa, at ang tinutukoy nito rito ay yaong mga nasa lupa. Samakatuwid, ang kahariang iiral sa lupa pagkatapos ay tatawaging “Sinim,” at hindi ang “kaharian.” Walang tunay na kahulugan ang “kaharian” sa lupa; sa diwa, ito ay Sinim. Sa gayon, kapag pinag-ugnay ang mga ito sa kahulugan ng Sinim, saka lamang malalaman ng isang tao ang tunay na kahulugan ng mga salitang, “Siguradong magniningning sa inyo ang Aking kaluwalhatian sa buong sansinukob.” Ipinapakita nito ang ranggo ng lahat ng tao sa lupa sa hinaharap. Ang mga tao ng Sinim ay magiging mga hari na namumuno sa lahat ng tao sa lupa matapos nilang maranasan ang pagkastigo. Lahat ng nasa lupa ay gagana nang normal dahil sa pamamahala ng mga tao ng Sinim. Ito ay walang iba kundi isang pahapyaw na paglalarawan sa sitwasyon. Lahat ng tao ay mananatili sa loob ng kaharian ng Diyos, ibig sabihin ay maiiwan sila sa loob ng Sinim. Makakausap ng mga tao sa lupa ang mga anghel. Sa gayon, magkakaugnay ang langit at lupa; o, sa madaling salita, lahat ng tao sa lupa ay magpapasakop sa Diyos at mamahalin ang Diyos na tulad ng ginagawa ng mga anghel sa langit. Sa panahong iyon, hayagang magpapakita ang Diyos sa lahat ng tao sa lupa at tutulutan silang makita ng kanilang mga mata ang Kanyang tunay na mukha, at ihahayag Niya ang Kanyang Sarili sa kanila anumang oras.

Kabanata 20

Nilikha ng Diyos ang buong sangkatauhan, at inaakay na Niya ang buong sangkatauhan hanggang ngayon. Sa gayon, alam ng Diyos ang lahat ng nangyayari sa tao: Alam Niya ang kapaitan sa mundo ng tao, nauunawaan ang tamis sa mundo ng tao, kaya nga bawat araw ay inilalarawan Niya ang mga kalagayan sa buhay ng buong sangkatauhan, at, bukod pa ryan, pinakikitunguhan Niya ang kahinaan at katiwalian ng buong sangkatauhan. Hindi kalooban ng Diyos na ihagis ang buong sangkatauhan sa walang-hanggang kalaliman, o na iligtas ang kabuuan ng sangkatauhan. Palaging may isang prinsipyo sa mga kilos ng Diyos, subalit walang sinumang may kakayahang maintindihan ang mga batas ng lahat ng Kanyang ginagawa. Kapag nagkakaroon ng kamalayan ang mga tao sa kamahalan at poot ng Diyos, pinapalitan kaagad ng Diyos ng habag at pagmamahal ang tono, ngunit kapag nalalaman ng mga tao ang habag at pagmamahal ng Diyos, minsan pa Niyang pinapalitan kaagad ang tono, at ginagawa Niyang mahirap kainin ang Kanyang mga salita na para bang buhay na manok ang mga ito. Sa lahat ng salita ng Diyos, hindi naulit kailanman ang simula, at hindi nasambit kailanman ang anuman sa Kanyang mga salita ayon sa prinsipyo ng mga pagbigkas ng kahapon; maging ang tono ay hindi pareho, at walang kaugnayan sa nilalaman—na pawang lalo pang nagpapalito sa mga tao. Ito ang karunungan ng Diyos, at ang paghahayag ng Kanyang disposisyon. Ginagamit Niya ang tono at kaparaanan ng

Kanyang pagsasalita upang pawiin ang mga kuru-kuro ng mga tao, upang lituhin si Satanas, na inaalisan ng pagkakataon si Satanas na lasunin ang mga gawa ng Diyos. Ang pagiging kamangha-mangha ng mga kilos ng Diyos ay nagiging sanhi para malito ang isipan ng mga tao sa mga salita ng Diyos. Halos hindi nila mahanap ang harapan ng sarili nilang pintuan, at ni hindi alam kung kailan sila dapat kumain o magpahinga, nang sa gayon ay tunay na nakakamit ang “pagpapaliban sa pagtulog at pagkain upang gumugol para sa Diyos.” Subalit kahit sa puntong ito, hindi pa rin nalulugod ang Diyos sa kasalukuyang mga sitwasyon, at palagi Siyang galit sa tao, na pinipilit siyang ilabas ang tunay na nilalaman ng kanyang puso. Kung hindi, nang magpakita ang Diyos ng kahit kaunting kaluwagan, ang mga tao ay “susunod” kaagad at magiging pabaya. Ito ang kababaan ng tao; hindi siya maaaring hikayatin, kundi kailangan siyang paluin o kaladkarin para mapakilos siya. “Sa lahat ng tinitingnan Ko, walang sinumang sadya at tuwirang naghanap sa Akin. Lumalapit silang lahat sa Akin sa paghihikayat ng iba, sumusunod sa karamihan, at ayaw nilang magsakripisyo o gumugol ng oras para pagyamanin ang kanilang buhay.” Gayon ang sitwasyon ng lahat ng nasa ibabaw ng lupa. Sa gayon, kung wala ang gawain ng mga apostol o ng mga lider, matagal na sanang nagsikalat ang lahat ng tao, kaya nga, sa nakalipas na mga kapanahunan, hindi nawalan ng mga apostol at propeta.

Sa mga pagbigkas na ito, partikular na nakatuon ang Diyos sa pagbubuod ng mga kalagayan sa buhay ng buong sangkatauhan. Ang mga salitang katulad ng sumusunod ay kauring lahat nito: “Ang buhay ng tao ay wala ni kaunting init, at walang anumang bakas ng pagiging tao o liwanag—subalit mapagpalayaw na siya sa sarili noon pa man, habambuhay na nananatiling walang halaga kung saan nagmamadali siya nang walang anumang napapala. Sa isang kisapmata, papalapit na ang araw ng kamatayan, at mapait ang kamatayang sumasapit sa tao.” Bakit nagagabayan ng Diyos ang buhay ng sangkatauhan hanggang ngayon, gayunman ay inihahayag din ang kahungkagan ng buhay sa mundo ng tao? At bakit Niya inilalarawan ang buong buhay ng lahat ng tao bilang “nagmamadaling dumating at nagmamadaling umaalis”? Masasabi na lahat ng ito ay plano ng Diyos, itinalagang lahat ito ng Diyos, at dahil dito, sa isa pang banda ay nababanaag dito kung paano kinamumuhian ng Diyos ang lahat maliban sa buhay sa pagka-Diyos. Bagama’t nilikha ng Diyos ang buong sangkatauhan, hindi Siya talaga nasiyahan kailanman sa pamumuhay ng buong sangkatauhan, at sa gayon ay tinutulutan lamang Niyang umiral ang sangkatauhan sa ilalim ng pagtitiwali ni Satanas. Matapos sumailalim ang sangkatauhan sa prosesong ito, lilipulin o ililigtas Niya ang sangkatauhan, at sa gayon ay magkakamit ang tao ng isang buhay sa lupa na hindi hungkag. Lahat ng ito ay bahagi ng plano ng Diyos. At sa gayon, palaging may isang mithiin sa kamalayan ng tao, na naging dahilan upang hindi maging masaya ang sinuman na mamatay nang inosente—ngunit ang tanging nakatamo ng mithiing ito ay ang mga tao sa mga huling araw. Sa ngayon, nabubuhay pa rin ang mga tao sa gitna ng isang di-mababagong kahungkagan at hinihintay pa rin nila ang di-nakikitang mithiing

iyon: “Kapag tinatakpan Ko ng Aking mga kamay ang Aking mukha, at idinidiin ang mga tao sa ilalim ng lupa, agad silang nahihirapang huminga, at halos hindi nila kayang manatiling buhay. Lahat sila ay nagsusumamo sa Akin, takot na lilipulin Ko sila, sapagkat gusto nilang lahat na makita ang araw na Ako ay nagtatamo ng kaluwalhatian.” Gayon ang kalagayan ng lahat ng tao ngayon. Nabubuhay silang lahat sa isang “kahungkagan,” na walang “oxygen,” na nagpapahirap sa kanila na makahinga. Ginagamit ng Diyos ang mithiin sa kamalayan ng tao upang suportahan ang kaligtasan ng buong sangkatauhan; kung hindi, lahat ay “iiwan ang tahanan upang maging mga monghe,” na magiging dahilan upang maglaho nang lubusan ang sangkatauhan, at magwakas na. Sa gayon, buhay pa ang tao hanggang ngayon dahil sa pangakong ibinigay ng Diyos sa tao. Ito ang katotohanan, ngunit hindi natuklasan ng tao ang batas na ito kailanman, kaya nga hindi niya alam kung bakit siya “takot na takot na sumapit sa kanya ang kamatayan sa ikalawang pagkakataon.” Sa pagiging tao, walang sinumang may lakas ng loob na patuloy na mabuhay, subalit wala pa ring sinumang nagkaroon ng lakas ng loob na mamatay, at sa gayon ay sinasabi ng Diyos na ang mga tao ay “namamatay sa isang mapait na kamatayan.” Ganyan ang totoong sitwasyon ng mga tao. Marahil, sa kanilang mga inaasam, naharap ang ilang tao sa mga kabiguan at naisip ang kamatayan, ngunit ang mga kaisipang ito ay hindi kailanman natupad; marahil, naisip ng ilan ang kamatayan dahil sa mga sigalot sa pamilya, ngunit dahil sa pag-aalala sa kanilang mga mahal sa buhay ay nananatili silang walang kakayahang makamit ang kanilang mithiin; at marahil, naisip ng ilan ang kamatayan dahil sa mga pagsubok sa pagsasama nilang mag-asawa, ngunit ayaw nilang pagdaanan ito. Sa gayon, namamatay ang mga tao na may mga hinaing o walang-hanggang pagsisisi sa kanilang puso. Ganyan ang iba’t ibang kalagayan ng lahat ng tao. Sa pagtingin sa malawak na mundo ng tao, paroo’t parito ang mga tao sa walang-katapusang daloy, at bagama’t nadarama nila na magiging mas masaya ang mamatay kaysa mabuhay, sinasabi lamang nila iyon, at walang sinumang nagpakita ng halimbawa kailanman, na mamatay at magbalik at masabi sa mga buhay kung paano tamasahin ang galak ng kamatayan. Kasuklam-suklam ang mga taong walanghiya: Wala silang kahihiyan o paggalang sa sarili, at palagi silang hindi tumutupad sa kanilang salita. Sa Kanyang plano, itinakda ng Diyos ang isang grupo ng mga tao na magtatamasa ng Kanyang pangako, at sa gayon ay sinasabi ng Diyos, “Maraming espiritu ang namuhay sa katawang-tao, at marami ang namatay at muling isinilang sa mundo. Subalit kailanman ay walang sinuman sa kanila ang nagkaroon ng pagkakataong matamasa ang mga pagpapala ng kaharian ngayon.” Lahat ng nagtatamasa ng mga pagpapala ng kaharian ngayon ay itinakda na ng Diyos mula pa nang Kanyang likhain ang mundo. Ipinlano ng Diyos na mabuhay ang mga espiritong ito sa katawang-tao sa mga huling araw, at sa bandang huli, kakamtin ng Diyos ang grupong ito ng mga tao, at paplanuhing mapunta sila sa Sinim. Dahil, sa diwa, ang mga espiritu ng mga taong ito ay mga anghel, sinasabi ng Diyos, “Talaga bang hindi Ako nagkaroon ng anumang bakas kailanman sa espiritu ng tao?” Sa katunayan, kapag

nabubuhay ang mga tao sa katawang-tao, nananatili silang mangmang sa mga gawain ng espirituwal na dako. Mula sa payak na mga salitang ito—“maingat Akong sinusulyapan ng tao”—makikita ang damdamin ng Diyos. Sa loob ng payak na mga salitang ito, ipinapahayag ang kumplikadong sikolohiya ng Diyos. Mula noong panahon ng paglikha hanggang ngayon, palaging may kalungkutan sa puso ng Diyos na may kasamang galit at paghatol, sapagkat ang mga tao sa lupa ay walang kakayahang isaisip ang kalooban ng Diyos, tulad ng sinasabi ng Diyos na, “Ang tao ay parang isang taong-bundok.” Subalit sinasabi rin ng Diyos, “Darating ang araw na lalangoy ang tao patungo sa Aking tabi mula sa kalagitnaan ng malawak na karagatan, upang matamasa niya ang lahat ng yaman sa mundo at iwan ang panganib na lamunin ng dagat.” Ito ang katuparan ng kalooban ng Diyos, at maaari ding ilarawan bilang isang di-maiiwasang kalakaran, at isinasagisag nito ang katuparan ng gawain ng Diyos.

Kapag ang kaharian ay ganap nang bumaba sa lupa, mababawi ng lahat ng tao ang kanilang orihinal na wangis. Kaya, sinasabi ng Diyos, “Nasisiyahan Ako mula sa kaitaasan ng Aking luklukan, at naninirahan Ako sa piling ng mga bituin. Inaalayan Ako ng mga anghel ng mga bagong awit at mga bagong sayaw. Hindi na nagiging sanhi ng pagtulo ng luha sa kanilang mukha ang sarili nilang kahinaan. Hindi Ko na naririnig, sa Aking harapan, ang tinig ng mga anghel na umiiyak, at hindi na rin nagrereklamo ng paghihirap ang sinuman sa Akin.” Ipinapakita nito na ang araw kung kailan natatamo ng Diyos ang ganap na kaluwalhatian ay ang araw kung kailan nasisiyahan ang tao sa kanyang kapahingahan; hindi na nagkukumahog ang mga tao bunga ng panggugulo ni Satanas, humihinto sa pag-unlad ang mundo, at nabubuhay ang mga tao sa kapahingahan—sapagkat napakaraming bituin sa kalangitan ang pinaninibago, at ang araw, buwan, mga bituin, at iba pa, at lahat ng kabundukan at mga ilog sa langit at sa lupa, ay binabagong lahat. At dahil nagbago na ang tao at nagbago na ang Diyos, gayundin, lahat ng bagay ay magbabago. Ito ang pangunahing layon ng plano ng pamamahala ng Diyos, at ito ang makakamtan sa huli. Ang layunin ng Diyos sa pagsambit ng lahat ng salitang ito una sa lahat ay para makilala Siya ng tao. Hindi nauunawaan ng mga tao ang mga atas administratibo ng Diyos. Lahat ng ginagawa ng Diyos ay isinaayos at ipinlano ng Diyos Mismo, at ayaw ng Diyos na hayaang manghimasok ang sinuman; sa halip, tinutulutan Niyang mamasdan ng mga tao na lahat ay ipinaplano Niya at hindi matatamo ng tao. Bagama’t nakikita ito ng tao, o nahihirapan siyang isipin ito, lahat ay kontroladong mag-isa ng Diyos, at ayaw ng Diyos na mabahiran ito ng kahit katiting na saloobin ng tao. Siguradong hindi patatawarin ng Diyos ang sinumang nakikibahagi, kahit kaunti; ang Diyos ay Diyos na naninibugho sa tao, at tila ang Espiritu ng Diyos ay talagang maramdamin sa bagay na ito. Sa gayon, sinuman ang may katiting na balak na manghimasok ay agad na sasapitan ng nagngangalit na apoy ng Diyos, na gagawin silang mga abo sa apoy. Hindi tinutulutan ng Diyos ang mga tao na ipakita ang kanilang mga kaloob gaano man nila naisin, sapagkat lahat ng mayroong kaloob ay walang buhay; ang ipinapalagay na mga kaloob na ito ay naglilingkod lamang sa Diyos, at

nagmumula kay Satanas, at sa gayon ay partikular na kinamumuhian ng Diyos, na hindi gumagawa ng mga pagpapahinuhod dito. Subalit madalas ay ang mga taong walang buhay ang malamang na makibahagi sa gawain ng Diyos, at, bukod pa ryan, ang kanilang paglahok ay nananatiling hindi natutuklasan, sapagkat ito ay nakabalatkayo sa kanilang mga kaloob. Sa paglipas ng mga kapanahunan, yaong mga pinagkalooban ay hindi kailanman nakapanindigan, sapagkat sila ay walang buhay, at sa gayon ay walang anumang mga kapangyarihang lumaban. Sa gayon, sinasabi ng Diyos, “Kung hindi Ako nagsasalita nang malinaw, hindi matatauhan ang mga tao kailanman, at hindi sinasadyang mahuhulog sila sa Aking pagkastigo—sapagkat hindi Ako kilala ng tao sa Aking katawang-tao.” Lahat ng may laman at dugo ay ginagabayan ng Diyos, subalit nabubuhay rin sa pagkaalipin kay Satanas, kaya nga hindi kailanman nagkaroon ang mga tao ng normal na kaugnayan sa isa’t isa, maging ito man ay dahil sa pagnanasa, o pagsamba, o mga pagsasaayos ng kanilang kapaligiran. Ang gayong abnormal na mga kaugnayan ang pinaka-kinamumuhian ng Diyos sa lahat, kaya nga dahil sa gayong mga kaugnayan kaya lumalabas mula sa bibig ng Diyos ang sumusunod na mga salita: “Ang nais Ko ay mga nilalang na may buhay na puno ng sigla, hindi mga bangkay na nakalubog na sa kamatayan. Dahil nakasandal Ako sa mesa ng kaharian, uutusan Ko ang lahat ng tao sa lupa na tanggapin ang Aking pagsisiyasat.” Kapag ang Diyos ay nasa ibabaw ng buong sansinukob, bawat araw ay minamasdan Niya ang bawat kilos ng mga may laman at dugo, at hindi Niya nakaligtaan kailanman ang kahit isa sa kanila. Ito ang mga gawa ng Diyos. Kaya nga, hinihimok Ko ang lahat ng tao na siyasatin ang sarili nilang mga kaisipan, ideya, at kilos. Hindi Ko hinihiling na maging isang tanda ka ng kahihiyan sa Diyos, kundi maging isang pagpapakita ng kaluwalhatian ng Diyos, na sa lahat ng inyong mga kilos, salita, at buhay, hindi kayo maging tampulan ng mga patawa ni Satanas. Ito ang mga kahilingan ng Diyos sa lahat ng tao.

Kabanata 21

Sa mga mata ng Diyos, ang mga tao ay parang mga hayop sa mundo ng mga hayop. Nag-aaway sila, nagpapatayan sila, at may pambihirang pakikipag-ugnayan sa isa’t isa. Sa mga mata ng Diyos, para din silang mga bakulaw, na nagpapakana laban sa isa’t isa anuman ang edad o kasarian. Sa gayon, ang ginagawa at ipinapakita ng buong sangkatauhan ay hindi kailanman naging kaayon ng puso ng Diyos. Ang panahong tinatakpan ng Diyos ang Kanyang mukha ang mismong panahon kung kailan sinusubok ang mga tao sa buong mundo. Lahat ng tao ay dumaraing sa sakit, lahat sila ay nabubuhay sa ilalim ng banta ng sakuna, at wala ni isa sa kanila ang nakatakas kailanman mula sa paghatol ng Diyos. Sa totoo lang, ang pangunahing layunin ng Diyos sa pagiging tao ay upang hatulan ang tao at isumpa siya sa Kanyang katawang-tao. Sa isipan ng Diyos, matagal nang napagpasiyahan kung sino, alinsunod sa kanilang

kakanyahan, ang maliligtas o lilipulin, at unti-unti itong lilinawin sa huling yugto. Habang lumilipas ang mga araw at buwan, nagbabago ang mga tao at nahahayag ang kanilang orihinal na anyo. Nagiging maliwanag kung mayroong manok o bibi sa itlog kapag nabasag ito. Sa sandaling mabasag ang itlog, iyon mismo ang sandaling ang mga kapahamakan sa lupa ay darating sa katapusan. Mula rito ay makikita na, para malaman kung mayroong isang “manok” o isang “bibi” sa loob, kailangang mabasag ang “itlog.” Ito ang plano sa puso ng Diyos, at kailangan itong matupad.

“Kaawa-awa at kalunus-lunos na sangkatauhan! Bakit nga ba mahal Ako ng tao, ngunit hindi niya kayang sundin ang mga layunin ng Aking Espiritu?” Dahil sa kalagayang ito ng tao, kailangang sumailalim siya sa pakikitungo upang mapalugod ang kalooban ng Diyos. At dahil sa pagkamuhi ng Diyos sa sangkatauhan, maraming ulit Niyang naipahayag: “O ang mga rebelde ng buong sangkatauhan! Kailangan silang madurog sa ilalim ng Aking mga paa; kailangan silang maglaho sa gitna ng Aking pagkastigo, at, sa araw na makumpleto ang Aking dakilang gawain, kailangan silang itaboy mula sa sangkatauhan, upang makilala ng buong sangkatauhan ang pangit nilang mukha.” Nagsasalita ang Diyos sa buong sangkatauhan sa katawang-tao, at nagsasalita rin Siya kay Satanas sa espirituwal na dako, na nasa ibabaw ng buong sansinukob. Ito ang kalooban ng Diyos, at ito ang dapat makamit ng 6,000-taong plano ng Diyos.

Sa katunayan, lalo nang normal ang Diyos, at may ilang bagay na maisasakatuparan lamang kung isasagawa Niya ang mga iyon nang personal at makikita ang mga iyon sa sarili Niyang mga mata. Hindi ito katulad ng iniisip ng mga tao, hindi nakahilata roon ang Diyos habang nangyayari ang lahat ayon sa Kanyang inaasam; ito ang bunga ng paggambala ni Satanas sa mga tao, kaya hindi naliliwanagan ang mga tao tungkol sa tunay na mukha ng Diyos. Sa gayon, sa huling kapanahunan, naging tao ang Diyos para hayagang ihayag ang Kanyang realidad sa tao, nang walang itinatagong anuman. Ang ilang paglalarawan sa disposisyon ng Diyos ay puro pagpapalabis, tulad noong sabihin na kayang puksain ng Diyos ang mundo sa isang salita o kaunting pag-iisip. Dahil dito, karamihan sa mga tao ay nagsasabi ng mga bagay na gaya ng, Bakit lubos ang kapangyarihan ng Diyos, ngunit hindi malulon si Satanas sa isang subo? Kakatwa ang mga salitang ito, at nagpapakita na hindi pa rin kilala ng mga tao ang Diyos. Para mapuksa ng Diyos ang Kanyang mga kaaway, kailangan ang isang proseso, subalit totoo na ang sabihing ang Diyos ay hindi kayang talunin ng sinuman: Sa huli ay matatalo ng Diyos ang Kanyang mga kaaway. Tulad lamang ng kapag tinalo ng isang malakas na bansa ang isang mahinang bansa, kailangan makamit nito ang tagumpay mismo, sa paisa-isang hakbang, na kung minsan ay gumagamit ng puwersa, kung minsan ay gumagamit ng estratehiya. May isang proseso, ngunit hindi masasabi na, yamang ang malakas na bansa ay may bagong-henerasyong mga sandatang nukleyar at ang mahinang bansa ay napakababa, susuko ang mahinang bansa nang hindi lumalaban. Kakatwa ang argumentong iyon. Makatwirang sabihin na tiyak na mananalò ang malakas na bansa at tiyak na matatalo ang mahinang bansa, ngunit masasabi lamang

na mas malaki ang puwersa ng malakas na bansa kapag personal nitong nilusob ang mahinang bansa. Sa gayon, laging nasasabi ng Diyos na hindi Siya kilala ng tao. Kaya, kumakatawan ba ang nabanggit na mga salita sa isang panig ng kung bakit hindi kilala ng tao ang Diyos? Mga kuru-kuro ba ito ng tao? Bakit hinihingi lamang ng Diyos na malaman ng tao ang Kanyang realidad, at sa gayon ay personal Siyang naging tao? Sa gayon, taimtim na sinamba ng karamihan sa mga tao ang Langit, subalit “Hindi kailanman naapektuhan ng mga kilos ng tao ang Langit kahit kaunti, at kung ibinatay ang Aking pagtrato sa tao sa bawat kilos niya, mabubuhay ang buong sangkatauhan sa gitna ng Aking pagkastigo.”

Nakikita ng Diyos ang kakanyahan ng tao. Sa mga pagbigkas ng Diyos, tila lubhang “pinahihirapan” ng tao ang Diyos kaya wala Siyang interes na pag-ukulan pa ng pansin ang tao, ni umasa pa sa kanya kahit katiting; tila wala nang kaligtasan ang tao. “Nakita Ko na ang maraming tao na dumadaloy ang mga luha sa kanilang mga pisngi, at nakita Ko na ang maraming tao na nag-aalay ng kanilang puso kapalit ng Aking yaman. Sa kabila ng gayong ‘pagiging maka-Diyos,’ hindi Ko kailanman malayang naibigay ang lahat-lahat Ko sa tao nang dahil sa kanyang mga biglang simbuyo, sapagkat hindi kailanman naging handa ang tao na masayang ilaan ang kanyang sarili sa Aking harapan.” Kapag inihahayag ng Diyos ang likas na pagkatao ng tao, ikinahihiya ng tao ang kanyang sarili, ngunit mababaw na kaalaman lamang ito, at wala siyang kakayahang tunay na malaman ang kanyang likas na pagkatao sa mga salita ng Diyos; sa gayon, karamihan sa mga tao ay hindi nauunawaan ang kalooban ng Diyos, hindi sila makasumpong ng isang landas para sa kanilang buhay sa mga salita ng Diyos, kaya nga kapag mas mahina ang kanilang isipan, mas matindi silang nilalait ng Diyos. Sa gayon, hindi nila namamalayan na pumapasok sila sa papel ng pagiging kasuklam-suklam—at dahil dito, nakikilala nila ang kanilang sarili habang sinasaksak sila ng “malambot na tabak.” Mukhang pinupuri ng mga salita ng Diyos ang mga gawa ng tao, at pinasisigla ang mga gawa ng tao—subalit laging nadarama ng mga tao na nililibak sila ng Diyos. Kaya nga, kapag binabasa nila ang mga salita ng Diyos, kumikibot ang mga kalamnan sa kanilang mukha paminsan-minsan, na para bang nangangatal sila. Ito ang karumihan ng kanilang konsiyensya, at dahil dito kaya hindi sinasadyang napapangiwi sila. Ang kanilang pasakit ang uri kung kailan nais nilang tumawa, subalit hindi nila magawa—ni hindi sila makaiyak, sapagkat ang katawa-tawang kilos ng mga tao ay pinatatakbo ng remote control “VCR,” subalit hindi nila ito mapatay, kundi maaari lamang nilang tiisin. Bagama’t ipinangaral ang “pagtuon sa mga salita ng Diyos” sa oras ng lahat ng miting ng mga kapwa-manggagawa, sino ang hindi nakakaalam sa likas na pagkatao ng supling ng malaking pulang dragon? Harapan, masunurin silang tulad ng mga cordero, ngunit kapag nakatalikod ang mga tao ay mababangis silang tulad ng mga lobo, na makikita sa mga salita ng Diyos na “maraming tao ang tunay na nagmamahal sa Akin kapag ibinibigay Ko ang Aking mga salita, subalit hindi itinatangi ang Aking mga salita sa kanilang espiritu, sa halip ay kaswal nilang ginagamit ang mga

ito na parang pag-aari ng publiko at inihahagis ang mga ito pabalik sa pinanggalingan ng mga ito kung kailan nila gusto.” Bakit laging nailalantad ng Diyos ang tao? Nagpapakita ito na ang dating likas na pagkatao ng tao ay matatag at di-natinag kailanman ni isang pulgada. Gaya ng Bundok Tai, nakatayo ito nang mataas sa puso ng daan-daang milyong tao, ngunit darating ang araw na pagagalawin ni Yu Gong ang bundok na iyon; ito ang plano ng Diyos. Sa Kanyang mga pagbigkas, wala ni isang sandali na ang Diyos ay walang ipinagagawa sa tao, hindi binabalaan ang tao, o hindi tinutukoy ang likas na pagkatao ng tao na nahahayag sa kanyang buhay: “Kapag malayo ang tao sa Akin, at kapag sinusubok niya Ako, itinatago Ko ang Aking sarili mula sa kanya sa mga ulap. Dahil dito, wala siyang makitang anumang bakas Ko, at nabubuhay lamang sa kamay ng masasama, na ginagawa ang lahat ng kanilang hinihiling.” Sa realidad, bihirang magkaroon ng pagkakataon ang mga tao na mabuhay sa presensya ng Diyos, dahil napakaliit ng kanilang pagnanais na maghanap; dahil dito, bagama’t mahal ng karamihan sa mga tao ang Diyos, nabubuhay sila sa ilalim ng kamay niyaong masama, at lahat ng kanilang ginagawa ay kontrolado niyaong masama. Kung tunay na nabuhay ang mga tao sa liwanag ng Diyos, hinahanap ang Diyos sa bawat sandali ng bawat araw, hindi na kakailanganing magsalita ng Diyos nang ganito, hindi ba? Kapag isinasantabi ng mga tao ang mga teksto, agad nilang isinasantabi ang Diyos kasama ng aklat, kaya nga sarili lamang nila ang kanilang inaalala, pagkatapos nito ay naglalaho ang Diyos sa kanilang puso. Subalit kapag muli nilang dinadampot ang aklat, biglang sumasagi sa isip nila na naisantabi na nila ang Diyos sa likod ng kanilang isipan. Ganyan ang buhay ng tao na “walang memorya.” Kapag mas nagsasalita ang Diyos, mas mataas ang Kanyang mga salita. Kapag narating nila ang kanilang ruok, lahat ng gawain ay natatapos, at dahil dito, itinitigil ng Diyos ang Kanyang mga pagbigkas. Ang prinsipyong ginagamit ng Diyos sa paggawa ay tapusin ang Kanyang gawain kapag nakarating na ito sa taluktok nito; hindi Siya nagpapatuloy sa paggawa kapag nakarating na ito sa ruok nito, kundi biglang humihinto. Hindi Siya kailanman gumagawa ng gawaing hindi kailangan.

Kabanata 22 at 23

Ngayon, handa ang lahat na intindihin ang kalooban ng Diyos at alamin ang disposisyon ng Diyos, subalit walang nakakaalam kung bakit wala silang kakayahang isagawa yaong handa silang gawin, kung bakit lagi silang ipinagkakanulo ng kanilang puso at hindi nila makamtan ang nais nila. Dahil dito, minsan pa silang binabagabag ng nakapanlulumong kawalang-pag-asa, subalit takot din sila. Hindi maipahayag ang nagtatalong mga damdaming ito, nagyuyuko na lamang sila ng ulo sa kalungkutan at patuloy na nagtatanong sa kanilang sarili: “Maaari kayang hindi pa ako naliwanagan ng Diyos? Maaari kayang lihim na akong pinabayaan ng Diyos? Marahil ay maayos ang lagay ng lahat ng iba pa, at naliwanagan na silang lahat ng Diyos maliban sa akin. Bakit

lagi akong nababagabag kapag binabasa ko ang mga salita ng Diyos—bakit hindi ko maintindihan ang anuman kahit kailan?” Bagama’t nasa isipan ng mga tao ang gayong mga bagay, walang nangangahas na ipahayag ang mga iyon; patuloy lamang na naghihirap ang kanilang kalooban. Sa katunayan, Diyos lamang ang nakakaunawa sa Kanyang mga salita o nakakaintindi sa Kanyang tunay na kalooban. Subalit laging hinihingi ng Diyos na intindihin ng mga tao ang Kanyang kalooban—hindi ba ito parang pagsubok na pilitin ang isang bibi na dumapo sa isang dapuan? Hindi ba alam ng Diyos ang mga pagkakamali ng tao? Ito ay isang sugpungan sa gawain ng Diyos, na hindi nauunawaan ng mga tao, at sa gayon ay sinasabi ng Diyos, “Nabubuhay ang tao sa gitna ng liwanag, subalit hindi niya namamalayan ang kahalagahan ng liwanag. Wala siyang alam tungkol sa diwa ng liwanag, at sa pinagmumulan ng liwanag, at, bukod pa ryan, kung kanino ang liwanag na ito.” Ayon sa sinasabi ng mga salita ng Diyos sa tao at sa hinihiling ng mga ito sa kanya, walang mananatiling buhay, sapagkat walang anuman sa laman ng tao na tumatanggap sa mga salita ng Diyos. Kaya, kung nasusunod ng mga tao ang mga salita ng Diyos, at itinatangi at pinananabikan ang mga salita ng Diyos, at inaangkop ang mga salitang iyon ng Diyos na tumutukoy sa kalagayan ng tao sa sarili nilang mga kundisyon, at sa gayon ay nakikilala nila ang kanilang sarili—ito ang pinakamataas na pamantayan. Kapag ang kaharian ay natupad sa huli, ang tao, na nabubuhay sa laman, ay wala pa ring kakayahang maintindihan ang kalooban ng Diyos, at mangangailangan pa rin ng Kanyang personal na paggabay—subalit ang mga tao ay mawawalan lamang ng panghihimasok ni Satanas, at magtataglay ng normal na buhay ng tao; ito ang layunin ng Diyos sa paggapi kay Satanas, na Kanyang ginagawa una sa lahat upang mabawi ang orihinal na kakanyahan ng tao, na nilikha ng Diyos. Sa isipan ng Diyos, ang “laman” ay tumutukoy sa mga sumusunod: ang kawalan ng kakayahang malaman ang kakanyahan ng Diyos; ang kawalan ng kakayahang makita ang mga kaganapan sa espirituwal na dako; at, bukod pa ryan, ang kakayahang magawang tiwali ni Satanas subalit pinapatnubayan din ng Espiritu ng Diyos. Ito ang diwa ng laman na nilikha ng Diyos. Natural, ito ay para maiwasan din ang kaguluhan sa buhay ng sangkatauhan na maaaring idulot ng kawalan ng kaayusan. Kapag mas nagsasalita ang Diyos, at mas nagiging matalim ang Kanyang pagsasalita, mas nakakaunawa ang mga tao. Ang mga tao ay nagbabago nang hindi nila namamalayan, at nabubuhay sa liwanag nang hindi nila namamalayan, at sa gayon, “dahil sa liwanag, sila ay lumalago at nilisan na ang kadiliman.” Ito ang magandang tagpo ng kaharian, at ng “pamumuhay sa liwanag, paglisan sa kamatayan” na madalas banggitin. Kapag ang Sinim ay natupad sa lupa—kapag ang kaharian ay natupad—hindi na magkakaroon ng digmaan sa lupa; hindi na muling magkakaroon ng mga taggutom, salot, at lindol kailanman; ang mga tao ay hihinto sa paggawa ng mga sandata; lahat ay mamumuhay sa kapayapaan at katatagan; at magkakaroon ng mga normal na pakikitungo sa pagitan ng mga tao, at mga normal na pakikitungo sa pagitan ng mga bansa. Subalit hindi maikukumpara dito ang kasalukuyan. Lahat ng nasa silong ng kalangitan ay nagkakagulo, unti-unting

nagkakaroon ng mga umaagaw sa kapangyarihan sa bawat bansa. Pagkatapos ng mga pagbigkas ng Diyos, ang mga tao ay unti-unting nagbabago, at, sa loob ng bawat bansa, dahan-dahan silang nagkakawatak-watak. Ang matitibay na pundasyon ng Babilonia ay nagsisimulang mayanig, gaya ng isang kastilyo sa buhangin, at, habang nag-iiba ang kalooban ng Diyos, nagaganap ang matitinding pagbabago nang hindi napapansin sa mundo, at lahat ng uri ng mga palatandaan ay lumilitaw anumang oras, ipinapakita sa mga tao na dumating na ang huling araw ng mundo! Ito ang plano ng Diyos; ito ang mga hakbang kung paano Siya gumagawa, at bawat bansa ay siguradong magkakapiraso. Ang dating Sodoma ay pupuksain sa ikalawang pagkakataon, at sa gayon ay sinasabi ng Diyos, “Bumabagsak ang sanlibutan! Paralisado ang Babilonia!” Diyos lamang Mismo ang may kakayahang maunawaan ito nang lubusan; sa kabila ng lahat, may limitasyon ang kamalayan ng mga tao. Halimbawa, maaaring alam ng mga ministro ng mga panloob na usapin na ang kasalukuyang sitwasyon ay hindi matatag at magulo, ngunit wala silang kakayahang lutasin ang mga iyon. Maaari lamang silang magpatangay sa agos, na umaasa sa kanilang puso na darating ang araw na maitataas nila ang kanilang ulo, na darating ang araw na muling sisikat ang araw sa silangan, na nagniningning sa buong lupain at binabaligtad ang miserableng kalagayan ng mga usapin. Gayunman, hindi nila alam na kapag sumikat ang araw sa ikalawang pagkakataon, ang pagsikat nito ay hindi upang ipanumbalik ang dating kaayusan—isa itong muling pagsilakbo, isang lubos na pagbabago. Ganyan ang plano ng Diyos para sa buong sansinukob. Gagawa Siya ng isang bagong mundo, ngunit, higit sa lahat, paninibaguhin muna Niya ang tao. Ngayon, ang pinakamahalaga ay dalhin ang sangkatauhan sa mga salita ng Diyos, hindi lamang ang tulutan silang matamasa ang mga pagpapala ng katayuan. Bukod pa ryan, tulad ng sinasabi ng Diyos, “Sa kaharian, Ako ay Hari—ngunit sa halip na tratuhin Ako bilang Hari nito, tinatrato Ako ng tao bilang ‘Tagapagligtas na bumaba na mula sa langit.’ Dahil dito, nasasabik siyang bigyan Ko siya ng limos at hindi nagsisikap na magkaroon ng kaalaman tungkol sa Akin.” Ganyan ang tunay na mga kundisyon ng lahat ng tao. Ngayon, ang mahalaga ay ganap na pawiin ang walang-kasiyahang kasakiman ng tao, na nagtutulot sa mga tao na makilala ang Diyos nang walang hinihinging anuman. Hindi kataka-taka, kung gayon, na sinasabi ng Diyos, “Napakarami nang nagsumamo sa Aking harapan na parang mga pulubi; napakarami nang nagbukas ng kanilang ‘sako’ sa Akin at nakiusap na bigyan Ko sila ng pagkain para mabuhay.” Ang mga kalagayang katulad nito ay nagpapahiwatig ng kasakiman ng mga tao, at ipinapakita ng mga ito na hindi mahal ng mga tao ang Diyos, ngunit humihiling sila sa Kanya, o sinusubukang matamo ang mga bagay na kanilang inaasam. Ang mga tao ay may likas na katangian ng isang gutom na lobo; lahat sila ay tuso at sakim, at sa gayon ay paulit-ulit na humihingi ng mga kinakailangan ang Diyos sa kanila, kaya napipilitan silang isuko ang kasakiman sa kanilang puso at mahalin ang Diyos nang taos-puso. Ang totoo, hanggang sa araw na ito, hindi pa naibibigay ng mga tao ang kanilang buong puso sa Diyos; namamangka sila sa dalawang ilog, na dumedepende kung minsan sa kanilang sarili, kung minsan ay

sa Diyos, nang hindi ganap na umaasa sa Kanya. Nang maabot ng gawain ng Diyos ang isang tiyak na punto, lahat ng tao ay mamumuhay sa gitna ng tunay na pagmamahal at pananampalataya, at malulugod ang kalooban ng Diyos; sa gayon, hindi mahirap ang mga hinihingi ng Diyos.

Palaging kumikilos ang mga anghel sa mga anak at mga tao ng Diyos, na nagmamadali sa pagitan ng langit at lupa at bumababa sa mundo ng tao pagkatapos bumalik sa espirituwal na dako bawat araw. Ito ang kanilang tungkulin, at sa gayon, bawat araw, ang mga anak at mga tao ng Diyos ay napapatnubayan, at unti-unting nagbabago ang kanilang buhay. Sa araw na binabago ng Diyos ang Kanyang anyo, ang gawain ng mga anghel sa lupa ay opisyal na magwawakas at babalik sila sa kaharian ng langit. Ngayon, lahat ng anak at mga tao ng Diyos ay pareho ang kundisyon. Habang lumilipas ang mga sandali, lahat ng tao ay nagbabago, at unti-unting tumatanda ang mga anak at mga tao ng Diyos. Sa pagkukumpara, lahat ng rebelde ay nagbabago rin sa harap ng malaking pulang dragon: Ang mga tao ay hindi na tapat sa malaking pulang dragon, at ang mga demonyo ay hindi na sumusunod sa mga plano nito. Sa halip, sila ay “kumikilos ayon sa nakikita nilang angkop, at bawat isa ay gumagawa sa sarili nitong paraan.” Sa gayon, kapag sinasabi ng Diyos, “Paanong hindi malilipol ang mga bansa sa mundo? Paanong hindi babagsak ang mga bansa sa lupa?” bumababa ang kalangitan sa isang iglap.... Parang may masamang pakiramdam na nagbabadya ng katapusan ng sangkatauhan. Ang sari-saring masasamang palatandaang ipinropesiya rito ang siya mismong nagaganap sa bansa ng malaking pulang dragon, at walang sinuman sa lupa ang makakatakas. Ganyan ang propesiya sa mga salita ng Diyos. Ngayon, lahat ng tao ay may hinagap na maikli ang panahon, at tila nadarama nila na sasapit na sa kanila ang isang sakuna—subalit walang paraan para makatakas sila, at sa gayon lahat sila ay walang pag-asa. Sinasabi ng Diyos, “Habang pinalalamutian Ko ang ‘silid sa loob’ ng Aking kaharian araw-araw, walang sinumang biglang pumapasok sa Aking ‘pagawaan’ kailanman para gambalain ang Aking gawain.” Sa katunayan, ang kahulugan ng mga salita ng Diyos ay hindi lamang para sabihin na maaaring makilala ng mga tao ang Diyos sa Kanyang mga salita. Higit sa lahat, ipinahihiwatig ng mga ito na bawat araw, isinasaayos ng Diyos ang lahat ng uri ng mga kaganapan sa buong sansinukob upang magsilbi sa susunod na bahagi ng Kanyang gawain. Kaya Niya sinasabing “walang sinumang biglang pumapasok sa Aking ‘pagawaan’ kailanman para gambalain ang Aking gawain” ay dahil ang Diyos ay gumagawa sa pagka-Diyos, at walang kakayahan ang mga tao na makibahagi sa Kanyang gawain, kahit gusto nila. Tatanungin kita: Maaari mo ba talagang planuhin ang bawat pag-unlad sa buong sansinukob? Maaari mo bang pasuwayin ang mga tao sa lupa sa kanilang mga ninuno? Maaari mo bang pilitin ang mga tao sa buong sansinukob na paglingkuran ang kalooban ng Diyos? Maaari ka bang maging sanhi na magwala si Satanas? Maaari mo bang iparamdam sa mga tao na ang mundo ay mapanglaw at hungkag? Hindi kayang gawin ng mga tao ang gayong mga bagay. Noong araw, nang hindi pa lubos na nangyayari

ang mga “galing” ni Satanas, lagi itong nanghihimasok sa bawat yugto ng gawain ng Diyos; sa yugtong ito, naubusan na ng mga pakana si Satanas, at sa gayon ay hinahayaan ito ng Diyos na ipakita ang tunay na kulay nito, upang malaman ito ng lahat ng tao. Ito ang katotohanan ng mga salitang “Walang sinumang nakagambala sa Aking gawain kailanman.”

Bawat araw, binabasa ng mga tao sa mga iglesia ang mga salita ng Diyos, at bawat araw, sumasailalim sila sa gawaing pagsusuri sa “operating table.” Halimbawa, “mawala sa kanilang posisyon,” “mapaalis,” “kapag humupa na ang kanilang mga takot at nagbalik na ang kanilang kahinahunan,” “pagpapabaya,” at “walang pakiramdam”—ang gayong mapanuyang mga salita ay “nagpapahirap sa kalooban” ng mga tao at napipipi sila sa kahihiyan. Parang walang bahagi ng kanilang buong katawan—mula ulo hanggang paa, mula loob hanggang labas—ang tumutugon sa pagsang-ayon ng Diyos. Bakit hinuhubaran nang lubusan ng mga salita ng Diyos ang buhay ng mga tao? Sadya bang pinahihirap ng Diyos ang mga bagay-bagay para sa mga tao? Parang ang mukha ng lahat ng tao ay nadungisan ng putik na hindi mahugasan. Bawat araw, habang nakayuko, nagsusulit sila ng kanilang mga kasalanan, na parang mga manggagantso. Nagawang tiwali ni Satanas ang mga tao kaya hindi nila lubos na nababatid ang sarili nilang tunay na mga kalagayan. Ngunit para sa Diyos, ang kamandag ni Satanas ay nasa bawat bahagi ng kanilang katawan, maging sa kanilang utak sa buto; dahil dito, mas malalim ang mga paghahayag ng Diyos, mas nahihintakutan ang mga tao, at sa gayon ay nakikilala ng lahat ng tao si Satanas at nakikita si Satanas sa tao, sapagkat wala silang kakayahang makita si Satanas sa kanilang mga mata. At dahil lahat ay nakapasok na sa realidad, inilalantad ng Diyos ang likas na pagkatao ng tao—na ibig sabihin, inilalantad Niya ang larawan ni Satanas—at sa gayon ay tinutulutan ang tao na mamasdan ang tunay at nahihipong Satanas, na mas nagpapakilala sa kanila sa praktikal na Diyos. Tinutulutan ng Diyos ang tao na makilala Siya sa katawang-tao, at binibigyan Niya ng anyo si Satanas, na nagtutulot sa tao na makilala ang tunay at nahihipong Satanas sa katawang-tao ng lahat ng tao. Ang sari-saring kalagayang binabanggit ay pawang mga pagpapahayag ng mga gawa ni Satanas. Kaya nga, masasabi na lahat ng may katawang-tao ay naglalarawan kay Satanas. Ang Diyos ay hindi kasundo ng Kanyang mga kaaway—galit sila sa isa’t isa, at dalawa silang magkaibang puwersa; samakatuwid, ang mga demonyo ay mga demonyo magpakailanman, at ang Diyos ay Diyos magpakailanman; hindi sila magkasundo na tulad ng apoy at tubig, at palaging magkahiwalay na tulad ng langit at lupa. Nang likhain ng Diyos ang tao, ang isang uri ng mga tao ay may espiritu ng mga anghel, samantalang ang isang uri ay walang espiritu, at sa gayon ay sinapian ng mga espiritu ng mga demonyo ang huli, kaya nga tinatawag ang mga ito na mga demonyo. Sa huli, ang mga anghel ay mga anghel, ang mga demonyo ay mga demonyo—at ang Diyos ay Diyos. Ito ang ibig sabihin ng bawat isa ay inuri ayon sa uri nito, kaya nga, kapag naghahari ang mga anghel sa lupa at nagtatamasa ng mga pagpapala, bumabalik ang Diyos sa

Kanyang tirahan, at ang natitira—ang mga kaaway ng Diyos—ay ginagawang mga abo. Sa katunayan, sa tingin ay tila mahal ng lahat ng tao ang Diyos, ngunit ang ugat nito ay nasa kanilang kakanyahan—paano matatakas ng mga may likas na katangian ng mga anghel ang kamay ng Diyos at mahuhulog sa walang-hanggang kalaliman? At paano maaaring mahalin nang tunay ng mga taong may likas na katangian ng mga demonyo ang Diyos? Ang diwa ng gayong mga tao ay hindi yaong tunay na pagmamahal sa Diyos, kaya paano sila magkakaroon ng pagkakataong makapasok sa kaharian? Lahat ay ipinlano ng Diyos nang likhain Niya ang mundo, tulad ng sinasabi ng Diyos: “Sumusulong Ako sa gitna ng hangin at ulan, at nakisalamuha sa tao taun-taon, at nakarating na sa panahong ito. Hindi ba ito mismo ang mga hakbang ng Aking plano ng pamamahala? Sino na ang nakaragdag sa Aking plano? Sino ang makakahiwalay mula sa mga hakbang ng Aking plano?” Dahil naging tao, kailangang maranasan ng Diyos ang buhay ng tao—hindi ba ito ang praktikal na panig ng praktikal na Diyos? Walang itinatago ang Diyos sa tao dahil sa kahinaan ng tao; sa halip, inilalantad Niya ang katotohanan sa tao, tulad ng sinasabi ng Diyos: “Nakisalamuha Ako sa tao taun-taon.” Ito ay dahil mismo sa ang Diyos ay Diyos na naging tao kaya nakaraan na Siya taun-taon sa lupa; ayon dito, matapos sumailalim sa lahat ng uri ng proseso, saka lamang Siya maituturing na Diyos na nagkatawang-tao, at pagkatapos lamang niyon Siya makagagawa sa pagka-Diyos sa loob ng katawang-tao. Kung gayon, matapos ihayag ang lahat ng hiwaga, malaya na Niyang mababago ang Kanyang anyo. Ito ay isa pang aspeto ng paliwanag ng hindi pagiging higit-sa-karaniwan, na tuwirang ipinahiwatig ng Diyos.

Kailangang makapasa sa masusing pagsisiyasat ng bawat isa sa mga salita ng Diyos, nang hindi nagpapadalus-dalos—ito ang tagubilin ng Diyos!

Kabanata 24 at 25

Kung hindi babasahing mabuti, imposibleng makatuklas ng anuman sa mga pagbigkas nitong dalawang araw; sa katunayan, dapat ay nabigkas ang mga iyon sa loob ng isang araw, subalit hinati ng Diyos ang mga ito sa dalawang araw. Ibig sabihin, ang mga pagbigkas nitong dalawang araw ay bumubuo ng isang kabuuan, ngunit para mas madaling tanggapin ng mga tao ang mga iyon, hinati ng Diyos ang mga iyon sa dalawang araw upang bigyan ng pagkakataon ang mga tao na makahinga. Ganyan ang konsiderasyon ng Diyos sa tao. Sa lahat ng gawain ng Diyos, ginagampanan ng lahat ng tao ang kanilang gawain at kanilang tungkulin sa sarili nilang lugar. Hindi lamang mga taong may espiritu ng anghel ang nakikipagtulungan; “nakikipagtulungan” din yaong mga may espiritu ng demonyo, gayundin ang lahat ng espiritu ni Satanas. Nakikita sa mga pagbigkas ng Diyos ang kalooban ng Diyos at ang Kanyang mga hinihingi sa tao. Ang mga salitang “Sumasapit ang Aking pagkastigo sa lahat ng tao, subalit nananatili rin

itong malayo sa lahat ng tao. Buong buhay ng bawat tao ay puspos ng pagmamahal at pagkamuhi sa Akin” ay nagpapakita na gumagamit ng pagkastigo ang Diyos upang bantaan ang lahat ng tao, na nagiging sanhi na magtamo sila ng kaalaman tungkol sa Kanya. Dahil sa pagtitiwali ni Satanas at sa kahinaan ng mga anghel, mga salita lamang ang ginagamit ng Diyos, at hindi mga atas administratibo, para kastiguhin ang mga tao. Simula noong panahon ng paglikha hanggang ngayon, ito na ang naging prinsipyo ng gawain ng Diyos patungkol sa mga anghel at sa lahat ng tao. Dahil ang mga anghel ay sa Diyos, balang araw ay siguradong magiging mga tao sila ng kaharian ng Diyos, at aalagaan at poprotektahan ng Diyos. Lahat ng iba pa, samantala, ay pagsasama-samahin din ayon sa uri. Lahat ng sari-saring masasamang espiritu ni Satanas ay kakastiguhin, at lahat ng walang espiritu ay pamumunuan ng mga anak at mga tao ng Diyos. Ganyan ang plano ng Diyos. Kaya, sinabing minsan ng Diyos, “Talaga bang ang pagdating ng Aking araw ang sandali ng kamatayan ng tao? Talaga bang maaari Kong wasakin ang tao sa panahong binubuo ang Aking kaharian?” Bagama’t dalawang simpleng tanong ang mga ito, mga pagsasaayos ng Diyos ang mga ito para sa hantungan ng buong sangkatauhan. Pagdating ng Diyos, iyon ang panahon na “ang mga tao sa buong sansinukob ay ipinapako sa krus nang patiwari.” Ito ang layunin ng pagpapakita ng Diyos sa lahat ng tao, gamit ang pagkastigo para ipaalam sa kanila ang pag-iral ng Diyos. Dahil ang panahon na bumababa ang Diyos sa lupa ang huling kapanahunan, ang panahon kung kailan pinakamagulo ang mga bansa sa lupa, kaya sinasabi ng Diyos na, “Nang bumaba Ako sa lupa, nalalambungan iyon ng kadiliman at ‘mahimbing ang tulog’ ng tao.” Sa gayon, ngayon ay kakaunting tao lamang ang may kakayahang makilala ang Diyos na nagkatawang-tao, halos wala. Dahil ngayon ang huling kapanahunan, walang sinumang tunay na nakakilala sa praktikal na Diyos kailanman, at mababaw lamang ang pagkakilala ng mga tao sa Diyos. Dahil dito kaya nabubuhay ang mga tao sa gitna ng masakit na pagpipino. Kapag nilisan ng mga tao ang pagpipino, iyan din ang panahon na nagsisimula silang makastigo, at iyon ang panahon kung kailan nagpapakita ang Diyos sa lahat ng tao upang personal nila Siyang mamasdan. Dahil sa Diyos na nagkatawang-tao, nahuhulog sa mga sakuna ang mga tao at hindi nila maialis ang kanilang sarili—ito ang kaparusahan ng Diyos sa malaking pulang dragon, at ito ang Kanyang atas administratibo. Kapag dumating ang init ng tagsibol at namukadkad ang mga bulaklak, kapag lahat ng nasa silong ng kalangitan ay luntian at lahat ng bagay sa lupa ay nasa lugar, unti-unting papasok ang lahat ng tao at bagay sa pagkastigo ng Diyos, at sa panahong iyan lahat ng gawain ng Diyos sa lupa ay magwawakas. Hindi na gagawa o maninirahan ang Diyos sa lupa, sapagkat ang dakilang gawain ng Diyos ay natupad na. Wala bang kakayahan ang mga tao na isantabi ang kanilang laman sa maikling panahong ito? Anong mga bagay ang makakasira sa pagmamahalan sa pagitan ng tao at ng Diyos? Sino ang makapaghihiwalay sa pagmamahalan sa pagitan ng tao at ng Diyos? Ang mga magulang ba, mga asawang-lalaki, magkakapatid na babae, mga asawang-babae, o ang masakit na pagpipino?

Mapapawi ba ng mga damdamin ng konsiyensya ang larawan ng Diyos sa kalooban ng tao? Sariling kagagawan ba ng mga tao ang pagkakautang at mga kilos nila tungo sa isa't isa? Malulunasan ba ng tao ang mga iyon? Sino ang makakaprotekta sa kanilang sarili? Natutustusan ba ng mga tao ang kanilang sarili? Sino ang malalakas sa buhay? Sino ang nagagawang iwan Ako at mabuhay sa kanilang sarili? Paulit-ulit, bakit hinihingi ng Diyos na isagawa ng lahat ng tao ang gawaing pagsusuri-sa-sarili? Bakit sinasabi ng Diyos na, “Kaninong paghihirap ba ang naip plano ng sarili nilang kamay?”

Sa kasalukuyan, madilim ang gabi sa buong sansinukob, at ang mga tao ay manhid at mapurol ang utak, ngunit ang mga kamay ng orasan ay palaging umiikot, ang mga minuto at mga segundo ay hindi tumitigil, at ang mga pag-ikot ng mundo, araw, at buwan ay lalong bumibilis. Sa kanilang pakiramdam, naniniwala ang mga tao na hindi na malayo ang araw; para bang ang huling araw nila ay nasa harap ng kanilang mga mata. Walang-tigil ang mga tao sa paghahanda ng lahat ng bagay para sa kanilang sariling oras ng kamatayan, upang ito ay maging kapaki-pakinabang sa kanilang kamatayan; kung hindi, naging walang-saysay sana ang kanilang buhay. Hindi ba nakapanghihinayang iyan? Kapag nililipol ng Diyos ang mundo, nagsisimula Siya sa mga pagbabago sa mga kaganapan sa loob ng mga bansa, kung saan nagaganap ang mga agawan ng kapangyarihan; sa gayon, pinakikilos ng Diyos ang paglilingkod ng mga tao sa buong sansinukob. Ang lupain kung saan nakapulupot ang malaking pulang dragon ay isang dako ng pagpapamalas. Dahil, sa loob, napagwatak-watak na ito, nagkagulo na ang mga usaping panloob nito, lahat ay abala sa gawaing ipagtanggol ang sarili, naghahandang tumakas patungo sa buwan—ngunit paano nila matatakan ang kapamahalaan ng kamay ng Diyos? Tulad ng sabi ng Diyos na ang mga tao ay “iinom mula sa sarili nilang mapait na saro.” Ang panahon ng alitang panloob ang mismong panahon na lilisanin ng Diyos ang lupa; hindi magpapatuloy ang Diyos na mamalagi sa bansa ng malaking pulang dragon, at agad tatapusin ang Kanyang gawain sa lupa. Masasabi na mabilis lumipas ang panahon, at halos wala nang natitira. Mula sa tono ng mga salita ng Diyos, makikita na binanggit na ng Diyos ang hantungan ng lahat sa buong sansinukob, at na wala na Siyang iba pang sasabihin para sa natitira. Ito ang inihahayag ng Diyos sa tao. Dahil sa layunin ng Diyos sa paglikha sa tao kaya Niya sinasabing, “Sa Aking paningin, ang tao ang namumuno sa lahat ng bagay. Hindi kakatiting ang ibinigay Kong awtoridad sa kanya, na nagtutulot sa kanya na pamahalaan ang lahat ng bagay sa lupa—ang damo sa kabundukan, ang mga hayop sa kagubatan, at ang mga isda sa tubig.” Nang likhain ng Diyos ang tao, itinalaga Niyang maging panginoon ng lahat ng bagay ang tao—subalit ginawang tiwali ni Satanas ang tao, kaya nga hindi siya makapamuhay na tulad ng nais niya. Humantong ito sa mundo ng ngayon, kung saan walang ipinagkaiba ang mga tao sa mga halimaw, at ang kabundukan ay nakihalo na sa mga ilog, na ang kinalabasan ay “ang buong buhay ng tao ay may dalamhati at pagmamadali, may sayang idinagdag sa kahungkagan.” Dahil walang kahulugan ang buhay ng tao, at dahil hindi ito ang layunin ng Diyos sa paglikha sa tao, naging magulo

ang buong mundo. Kapag inilagay ng Diyos ang buong sansinukob sa kaayusan, lahat ng tao ay opisyal na magsisimulang makaranas ng buhay ng tao, at doon lamang magsisimulang magkaroon ng kabuluhan ang kanilang buhay. Magsisimulang gumamit ang mga tao ng awtoridad na bigay sa kanila ng Diyos, at opisyal silang lilitaw sa harap ng lahat ng bagay bilang kanilang panginoon; tatanggapin nila ang patnubay ng Diyos sa lupa, at hindi na susuwayin ang Diyos kundi sa halip ay susundin Siya. Gayunman, malayung-malayo pa riyan ang mga tao ng ngayon. Ang tanging ginagawa nila ay “magbulsa ng pera” sa pamamagitan ng Diyos, kaya nga sunud-sunod ang tanong ng Diyos tulad ng “Wala bang pakinabang sa tao ang gawaing ginagawa Ko sa kanya?” Kung hindi itinanong ng Diyos ang mga bagay na ito, walang mangyayari; ngunit kapag itinatanong Niya ang gayong mga bagay, hindi makapanindigan ang ilang tao, sapagkat may pagkakautang sa kanilang konsiyensya, at hindi sila lubos na para sa Diyos, kundi para sa kanilang sarili. Lahat ng bagay ay hungkag; sa gayon, ang mga taong ito at “alam ng lahat ng tao sa bawat relihiyon, bawat sektor ng lipunan, bawat bansa, at bawat denominasyon ang kahungkagan sa lupa, at lahat sila ay naghahanap sa Akin at naghihintay sa Aking pagbalik.” Lahat ng tao ay nasasabik sa pagbabalik ng Diyos upang mawakasan Niya ang hungkag na dating kapanahunan, subalit natatakot din silang masakuna. Agad na maiiwan ang buong relihiyosong mundo na mapanglaw, at pinabayaan ng lahat; walang realidad ang mga ito, at matatanto nila na ang kanilang paniniwala sa Diyos ay malabo at mahirap unawain. Maghihiwa-hiwalay din ang mga tao sa bawat kalagayan ng lipunan, at magsisimulang magkagulo sa bawat bansa at denominasyon. Sa kabuuan, magkakawatak-watak ang regularidad ng lahat ng bagay, mawawala sa lahat ang pagiging normal nito, kaya nga, ipapakita rin ng mga tao ang kanilang tunay na mukha. Sa gayon, sinasabi ng Diyos, “Maraming beses na Akong nanawagan sa tao, subalit mayroon na bang nahabag? Mayroon na bang nabuhay sa pagkatao? Maaaring mabuhay ang tao sa laman, ngunit wala siyang pagkatao. Isinilang ba siya sa kaharian ng mga hayop?” Nagaganap din ang pagbabago sa tao, at dahil sa pagbabagong ito, bawat isa ay pinagsasama-sama ayon sa uri. Ito ang gawain ng Diyos sa mga huling araw, at ito ang epektong makakamit ng gawain sa mga huling araw. Nagsasalita nang mas malinaw ang Diyos tungkol sa kakanyahan ng tao, kaya nga napatunayan na papalapit na ang katapusan ng Kanyang gawain, at bukod pa riyan na ang Diyos ay mas nakatago mula sa mga tao, kaya mas naguguluhan sila. Kapag hindi gaanong sinusunod ng mga tao ang kalooban ng Diyos, hindi rin nila gaanong pinapansin ang gawain ng Diyos sa mga huling araw; ito ay pumipigil sa kanila na manghimasok, at sa gayon ay ginagawa ng Diyos ang gawaing layon Niyang gawin kapag walang sinumang pumapansin. Ito ay isang prinsipyo ng gawain ng Diyos sa lahat ng kapanahunan. Kapag hindi Niya gaanong isinasaalang-alang ang mga kahinaan ng mga tao, mas maliwanag ang pagka-Diyos ng Diyos, kaya nga papalapit na ang araw ng Diyos.

Kabanata 26

Mula sa lahat ng salitang sinambit ng Diyos, makikita na papalapit na ang araw ng Diyos sa bawat araw na lumilipas. Para bang ang araw na ito ay nasa harap mismo ng mga mata ng mga tao, na para bang darating na ito bukas. Sa gayon, matapos basahin ang mga salita ng Diyos, nahintakutan ang lahat ng tao, at nararamdaman din nila ang kapanglawan sa isang bahagi ng mundo, gaya ng mga dahon na nalalaglag sa simoy ng hangin, na sinamahan ng ambon. Nawawala ang mga tao nang walang bakas, na para bang lahat sila ay tuluyan nang naglaho. Masama ang pakiramdam ng lahat, at bagama't pinagsisikapan at nais nilang palugurin ang kalooban ng Diyos, at ginagamit ng bawat tao ang lahat ng lakas nila upang palugurin ang layunin ng Diyos, upang sumulong nang maayos at walang hadlang ang kalooban ng Diyos, ang gayong saloobin ay laging may kahalang kaba. Halimbawa ay ang mga pagbigkas ngayon: Kung ipinarating ang mga iyon sa masa, ibinalita sa buong sansinukob, lahat ng tao ay yuyukod at mananangis, sapagkat sa mga salitang “Babantayan Ko ang buong daigdig at, habang nagpapakita sa Silangan ng mundo nang may katuwiran, kamahalan, poot, at pagkastigo, ihahayag Ko ang Aking sarili sa napakaraming hukbo ng sangkatauhan!” nakikita ng lahat ng nakauunawa ng mga espirituwal na bagay na walang sinumang makakatakas sa pagkastigo ng Diyos, at na matapos maranasan ang pagdurusa ng pagkastigo, lahat ay paghihiwa-hiwalayin ayon sa kanilang uri. Totoo nga, ito ay isang hakbang ng gawain ng Diyos, at walang sinumang maaaring magbago nito. Nang likhain ng Diyos ang mundo, nang pamunuan Niya ang sangkatauhan, ipinakita Niya ang Kanyang karunungan at pagiging kamangha-mangha, at kapag winawakasan Niya ang kapanahunang ito, saka lamang mamamasdan ng mga tao ang Kanyang tunay na katuwiran, kamahalan, poot at pagkastigo. Bukod pa ryan, nakikita nila ang Kanyang katuwiran, kamahalan at poot sa pamamagitan lamang ng pagkastigo; ito ay isang landas na kailangang tahakin, gaya ng, sa mga huling araw, ang pagkakatawang-tao ng Diyos ay kailangan at hindi maaaring mawala. Matapos ipahayag ang katapusan ng buong sangkatauhan, ipinapakita ng Diyos sa tao ang gawaing Kanyang ginagawa ngayon. Halimbawa, sinasabi ng Diyos, “Ang dating Israel ay nawala na, at ang Israel sa ngayon ay nagbangon na, nang tuwid at matayog sa mundo, at nakatayo sa puso ng buong sangkatauhan. Tiyak na matatamo ng Israel ngayon ang pinagmumulan ng pag-iral sa pamamagitan ng Aking mga tao!” “Ah, kasuklam-suklam na Ehipto! ... Paanong hindi ka makairal sa loob ng Aking pagkastigo?” Sadyang ipinapakita ng Diyos sa mga tao ang mga bungang nakakamit ng dalawang magkasalungat na bansa sa Kanyang mga kamay, na sa isang pahiwatig ay tumutukoy sa Israel, na materyal, at sa isa pa ay tumutukoy sa lahat ng hinirang ng Diyos—na ibig sabihin, sa kung paano nagbabago ang mga hinirang ng Diyos habang nagbabago ang Israel. Kapag lubos nang nakabalik ang Israel sa orihinal nitong anyo, lahat ng hinirang ay magagawang ganap pagkatapos—na ibig sabihin, ang Israel ay isang makahulugang sagisag ng mga

minamahal ng Diyos. Samantala, ang Ehipto ang kinatawang pagtatagpo ng mga kinamumuhian ng Diyos. Habang mas nagiging bulok ito, mas nagiging tiwali yaong mga kinamumuhian ng Diyos—at ang Babilonia ay bumabagsak pagkatapos. Bumubuo ito ng malinaw na pagkakaiba. Sa pagpapahayag ng pagwawakas ng Israel at Ehipto, ibinubunyag ng Diyos ang patutunguhan ng lahat ng tao; sa gayon, kapag binabanggit ang Israel, tinutukoy rin ng Diyos ang Ehipto. Mula rito, makikita na ang araw ng pagwasak sa Ehipto ay ang araw ng paglipol sa mundo, ang araw kung kailan kinakastigo ng Diyos ang lahat ng tao. Mangyayari ito sa lalong madaling panahon; malapit na itong tuparin ng Diyos, isang bagay na medyo hindi nakikita ng mata ng tao, subalit hindi maaaring mawala at hindi mababago. Sabi ng Diyos, “Lahat ng laban sa Akin ay tiyak na kakastiguhin Ko nang walang hanggan. Sapagkat Ako ay isang mapanibughuing Diyos at hindi Ko basta patatawarin ang mga tao sa lahat ng kanilang nagawa.” Bakit gayon katiyak magsalita ang Diyos? At bakit Siya personal na naging tao sa bansa ng malaking pulang dragon? Mula sa mga salita ng Diyos, makikita ang Kanyang layunin: Hindi Siya naparito upang iligtas ang mga tao, o pakitaan sila ng habag, o kalingain sila, o protektahan sila—naparito Siya upang kastiguhin ang lahat ng kumontra sa Kanya. Sapagkat sabi ng Diyos, “Walang makakatakas sa Aking pagkastigo.” Ang Diyos ay nabubuhay sa katawang-tao, at, bukod pa ryan, Siya ay isang normal na tao, subalit hindi Niya pinatatawad ang mga tao para sa kanilang kahinaan sa kawalan ng kakayahang makilala Siya nang personal; sa halip, pinarurusahan Niya ang mga tao para sa kanilang mga kasalanan sa pamamagitan ng isang “normal na tao,” ginagawa Niya ang lahat ng nakakakita sa Kanyang katawang-tao na yaong mga kinakastigo, at sa gayon ay nagiging mga alay sila para sa lahat ng hindi mga tao ng bansa ng malaking pulang dragon. Ngunit hindi ito isa sa mga pangunahing layunin ng pagkakatawang-tao ng Diyos. Ang Diyos ay naging tao una sa lahat upang makipaglaban, sa katawang-tao, sa malaking pulang dragon, at upang hiyain ito sa pamamagitan ng pagkikipaglaban. Dahil ang dakilang kapangyarihan ng Diyos ay higit na napapatunayan sa pakikipaglaban sa malaking pulang dragon sa katawang-tao kaysa sa Espiritu, nakikipaglaban ang Diyos sa katawang-tao upang ipakita ang Kanyang mga gawa at walang-hanggang kapangyarihan. Di-mabilang ang mga taong naparusahan nang “walang kasalanan” sa pagkakatawang-tao ng Diyos, at di-mabilang ang mga taong naihagis sa impiyerno at nasadlak sa pagkastigo, at nagdurusa sa laman. Ito ang pagpapamalas ng matuwid na disposisyon ng Diyos, at paano man nagbabago ang mga kumontra sa Diyos ngayon, hindi magbabago kailanman ang matuwid na disposisyon ng Diyos. Kapag isinumpa, isinumpa na ang mga tao magpakailanman, at hindi na makakabangong muli kailanman. Ang disposisyon ng tao ay hindi maaaring makatulad ng sa Diyos. Tungo sa mga kumontra sa Diyos, pabagu-bago ng isip ang mga tao; urong-sulong sila sa kaliwa’t kanan, akyat-baba; hindi nila kayang manatiling hindi nagbabago, na kung minsan ay sagad sa buto ang pagkamuhi sa mga kumontra sa Diyos, kung minsan ay yakap-yakap ang mga ito. Sumapit na ang sitwasyon ngayon dahil hindi alam ng mga tao ang

gawain ng Diyos. Bakit sinasabi ng Diyos ang mga salitang gaya ng, “Ang mga anghel, kunsabagay, ay mga anghel; ang Diyos, kunsabagay, ay Diyos; ang mga demonyo, kunsabagay, ay mga demonyo; ang masasama ay masasama pa rin; at ang mga banal ay mga banal pa rin”? Hindi ba ninyo ito maintindihan? Maaari kayang hindi ito naalaala ng Diyos? Sa gayon, sabi ng Diyos, “Bawat tao ay nakahiwalay ayon sa kanilang uri, at nahahanap ang kanilang landas nang hindi namamalayan pabalik sa sinapupunan ng kanilang pamilya.” Makikita mula rito na ngayon, nauri na ng Diyos ang lahat ng bagay tungo sa kanilang mga pami-pamilya, kaya hindi na ito isang “walang-hanggang mundo,” at hindi na kumakain ang mga tao mula sa iisang malaking palayok, kundi ginagampanan ang sarili nilang tungkulin sa sarili nilang tahanan, gumaganap sa sarili nilang papel. Ito ang orihinal na plano ng Diyos sa paglikha ng mundo; matapos mapaghiwa-hiwalay ayon sa uri, ang mga tao ay “kakainin ang sarili nilang pagkain,” ibig sabihin ay sisimulan ng Diyos ang paghatol. Dahil dito, nagmula sa bibig ng Diyos ang mga salitang ito: “Ipanunumbalik Ko ang dating kalagayan ng paglikha; ipanunumbalik Ko ang lahat ng bagay sa orihinal nitong ayos, na gumagawa ng malaking pagbabago sa lahat ng bagay, upang lahat ng bagay ay mabalik sa pinagmulan ng Aking plano.” Ito mismo ang layunin ng buong gawain ng Diyos, at hindi ito mahirap unawain. Kukumpletuhin ng Diyos ang Kanyang gawain—makakaya kaya ng tao na hadlangan ang Kanyang gawain? At makakaya kaya ng Diyos na pilasin ang tipan na itinatag sa pagitan Niya at ng tao? Sino ang makakapagbago ng ginawa ng Espiritu ng Diyos? Makakaya kayang gawin man lamang ito ng sinumang tao?

Noong araw, may nadampot na isang batas ang mga tao sa mga salita ng Diyos: Kapag sumambit ng mga salita ang Diyos, hindi maglalaon ay magkakatotoo ang mga ito. Walang kabulaanan dito. Dahil sinabi na ng Diyos na kakastiguhin Niya ang lahat ng tao, at, bukod pa ryan, dahil inilabas na Niya ang Kanyang mga atas administratibo, makikita na naisakatuparan na ang gawain ng Diyos hanggang sa isang tiyak na yugto. Ang konstitusyong inilabas sa lahat ng tao ay patungkol sa kanilang buhay at kanilang saloobin sa Diyos. Hindi ito umabot sa ugat; hindi nito sinabi na batay ito sa pagtatalaga ng Diyos, kundi sa pag-uugali ng tao noon. Ang mga atas administratibo ng ngayon ay hindi pangkaraniwan at binabanggit doon kung paanong “lahat ng tao ay paghihiwa-hiwalayin ayon sa sarili nilang uri, at tatanggap ng mga pagkastigo na nararapat sa kanilang mga kilos.” Kung hindi babasahing mabuti, walang makikitang problema rito. Dahil sa panahon lamang ng huling kapanahunan pinaghihiwa-hiwalay ng Diyos ang lahat ng bagay ayon sa kanilang uri, matapos basahin ito, karamihan sa mga tao ay nananatiling tuliro at naguguluhan; malamig pa rin ang pakikitungo nila, hindi nila nakikita ang kahalagahan ng mga panahon, kaya hindi nila ito itinuturing na isang babala. Sa puntong ito, bakit ipinapakita sa tao ang mga atas administratibo ng Diyos, na ipinahayag sa buong sansinukob? Kinakatawan ba ng mga taong ito ang lahat ng nasa buong sansinukob? Maaari kaya, pagkatapos nito, na mas maawa ang Diyos sa mga taong ito? Tinubuan na ba ng dalawang ulo ang mga taong ito? Kapag kinastigo ng

Diyos ang mga tao sa buong sansinukob, kapag humagupit ang lahat ng uri ng kalamidad, magkakaroon ng mga pagbabago sa araw at buwan dahil sa mga kalamidad na ito, at, kapag nagwakas ang mga kalamidad na ito, nagbago na ang araw at buwan—at tinatawag itong “paglipat.” Sapat nang sabihin na magiging mas matindi ang mga kalamidad sa hinaharap. Maaaring pumalit ang gabi sa araw, maaaring hindi lumitaw ang araw sa loob ng isang taon, maaaring magkaroon ng ilang buwan ng nakakapasong init, maaaring palaging maranasan ng sangkatauhan ang pagliit ng buwan, maaaring lumitaw ang kakatwang kalagayan na sabay na lumilitaw ang araw at buwan, at iba pa. Kasunod ng ilang paikut-ikot na pagbabago, sa huli, sa paglipas ng panahon, mapapanibago ang mga ito. Nagbibigay ng natatanging pansin ang Diyos sa Kanyang mga plano para sa mga nabibilang sa diyablo. Sa gayon, sadya Niyang sinasabi, “Sa mga tao sa loob ng sansinukob, lahat ng nabibilang sa diyablo ay lilipulin.” Bago naipakita ng “mga tao” na ito ang kanilang tunay na kulay, lagi silang kinakasangkapan ng Diyos upang maglingkod; dahil dito, hindi Niya pinapansin ang kanilang mga ginagawa, hindi Niya sila binibigyan ng anumang “gantimpala” kapag gumagawa sila nang maayos, ni hindi Niya binabawasan ang kanilang “mga kabayaran” kapag masama ang kanilang pagganap. Sa gayon, binabalewala Niya sila at hindi sila pinapansin. Hindi Siya biglang nagbabago dahil sa kanilang “kabutihan,” sapagkat, anumang oras o lugar, hindi nagbabago ang diwa ng tao, gaya lamang ng tipan na itinatag sa pagitan ng Diyos at ng tao, at gaya lamang ng, sabi nga ng tao, “Hindi magkakaroon ng pagbabago kahit na matuyo ang karagatan at gumuho ang batuhan.” Sa gayon, pinagbubukud-bukod lamang ng Diyos ang mga taong iyon ayon sa kanilang uri at hindi sila pinakikinggan kaagad. Mula noong panahon ng paglikha hanggang ngayon, hindi kailanman umasal nang maayos ang diyablo. Lagi itong nagsasanhi ng mga gambala, kaguluhan, at pagtatalo. Kapag kumikilos o nagsasalita ang Diyos, laging sinusubukan ng diyablo na makibahagi, ngunit hindi ito pinapansin ng Diyos. Sa pagbanggit sa diyablo, lumalabas ang galit ng Diyos at hindi mapigilan; dahil hindi sila magkaisa sa diwa, wala silang koneksyon, magkalayo at magkahiwalay lamang sila. Kasunod ng paghahayag sa pitong tatak, palaging lalong lumalala ang kalagayan ng lupa, at lahat ng bagay ay “sumusulong na kasabay ng pitong tatak,” hindi napag-iivanan ni bahagya. Sa lahat ng salita ng Diyos, ang tingin ng Diyos sa mga tao ay mga natitigilan, subalit hindi nagigising man lamang. Para makaabot sa mas mataas na punto, para mailabas ang lakas ng lahat ng tao, at, bukod pa ryan, para matapos ang gawain ng Diyos sa rurok nito, sunud-sunod ang tanong ng Diyos sa mga tao, na parang pinalalaki ang kanilang tiyan, at sa gayon ay pinupunan Niya ang lahat ng tao. Dahil walang tunay na tayog ang mga taong ito, batay sa aktwal na sitwasyon, yaong mga napalaki ay mga produktong nakaabot sa pamantayan, samantalang yaong hindi ay mga walang-silbing basura. Ito ang kinakailangan ng Diyos sa tao, at ang layunin ng pamamaraan kung paano Siya nagsasalita. Lalo na, kapag sinasabi ng Diyos na, “Maaari kayang Ako, kapag nasa lupa, ay hindi kapareho ng kapag Ako ay nasa langit? Maaari kayang Ako, kapag nasa langit, ay hindi

makakababa sa lupa? Maaari kayang Ako, kapag nasa lupa, ay hindi karapat-dapat na madala sa langit?” ang mga katanungang ito ay nagsisilbing mas malinaw na landas upang makilala ng tao ang Diyos. Mula sa mga salita ng Diyos, namasdan ang agarang kalooban ng Diyos; walang kakayahan ang mga tao na makamit ito, at paulit-ulit na nagdaragdag ng mga kundisyon ang Diyos, sa gayon ay ipinapaalala sa lahat ng tao na kilalanin ang Diyos sa langit sa lupa, at kilalanin ang Diyos na nasa langit ngunit nabubuhay sa lupa.

Mula sa mga salita ng Diyos ay makikita ang mga kalagayan ng tao: “Buong sangkatauhan ay nagsisikap sa Aking mga salita, nagsasagawa ng sarili nilang mga pagsisiyasat sa Aking panlabas na hitsura, ngunit lahat sila ay nabibigo, walang ibinubunga ang kanilang mga pagsisikap, at sa halip ay pinababagsak ng Aking mga salita at hindi na nangangahas na tumayong muli.” Sino ang makakaunawa sa kalungkutan ng Diyos? Sino ang makakaaliw sa puso ng Diyos? Sino ang nakaayon sa puso ng Diyos sa Kanyang hinihiling? Kapag walang ibinubunga ang mga tao, tinatanggihan nila ang kanilang sarili at talagang nagpapasakop sa mga pagsasaayos ng Diyos. Unti-unti, habang ipinakikita nila ang totoong nilalaman ng kanilang puso, bawat isa ay inihihiwalay ayon sa kanilang uri, at sa gayon ay nakikita na ang diwa ng mga anghel ay dalisay na pagsunod sa Diyos. Kaya nga, sabi ng Diyos, “Ang sangkatauhan ay inilalantad sa orihinal na anyo nito.” Kapag umabot ang gawain ng Diyos sa hakbang na ito, natapos nang lahat ito. Mukhang walang sinasabi ang Diyos tungkol sa Kanyang pagiging isang uliran para sa Kanyang mga anak at mga tao, sa halip ay nagtutuon Siya sa pagpapakita ng lahat ng tao ng kanilang orihinal na anyo. Nauunawaan mo ba ang tunay na kahulugan ng mga salitang ito?

Kabanata 27

Ngayon, narating na ng mga salita ng Diyos ang rurok nito, na ibig sabihin, narating na ng ikalawang bahagi ng kapanahunan ng paghatol ang taluktok nito. Ngunit hindi ito ang pinakamataas na taluktok. Sa panahong ito, nagbago na ang tono ng Diyos—hindi ito nanunuya ni nakakatawa, at hindi ito nagtutuwid o nagsasaway; pinalambot ng Diyos ang tono ng Kanyang mga salita. Ngayon, nagsisimula ang Diyos na “makipagpalitan ng mga damdamin” sa tao. Ang Diyos ay parehong itinutuloy ang gawain ng kapanahunan ng paghatol at kasabay nito ay binubuksan ang landas ng susunod na bahagi ng gawain, upang lahat ng bahagi ng Kanyang gawain ay magkaugnay-ugnay sa isa’t isa. Sa isang dako, nangungusap Siya tungkol sa “katigasan ng ulo at pagbalik sa dating gawi” ng tao, at sa kabilang dako, nangungusap Siya tungkol sa “mga kagalakan at kalungkutan ng mahiwalay at pagkatapos ay makasamang muli ang tao”—na lahat ay nag-uudyok ng reaksiyon sa puso ng mga tao, at inaantig kahit ang pinakamanhid sa mga puso ng tao. Ang layon ng Diyos sa pagsasabi ng mga salitang ito una sa lahat ay para tahimik na

magpatirapa ang lahat ng tao sa harap ng Diyos sa pinakahuli, at pagkatapos niyon na “ipinamamalas Ko lamang ang Aking mga kilos, kaya nakikilala Ako ng lahat sa pamamagitan ng sarili nilang kabiguan.” Sa panahong ito, ang kaalaman ng mga tao tungkol sa Diyos ay nananatiling lubos na mababaw; hindi ito tunay na kaalaman. Bagama’t nagsisikap silang mabuti hangga’t kaya nila, hindi nila kayang isagawa ang kalooban ng Diyos. Ngayon, nakarating na sa tugatog ang mga salita ng Diyos, ngunit nananatili ang mga tao sa mga naunang yugto, at sa gayon ay hindi nila kayang pumasok sa mga pagbigkas sa kasalukuyan—ipinapakita nito na talagang lubhang magkaiba ang Diyos at ang tao. Batay sa pagkukumparang ito, kapag nagwakas na ang mga salita ng Diyos, makakaya lamang ng mga tao na matamo ang pinakamababang mga pamantayan ng Diyos. Ito ang kaparaanan ng paggawa ng Diyos sa mga taong ito na lubos na nagawang tiwali ng malaking pulang dragon, at kailangang gumawa ang Diyos sa gayong paraan upang makamit ang pinakamainam na epekto. Medyo mas nagbibigay-pansin ang mga tao sa mga iglesia sa mga salita ng Diyos, ngunit ang layunin ng Diyos ay na baka-sakaling makilala nila ang Diyos sa Kanyang mga salita—wala bang pagkakaiba? Gayunman, sa kasalukuyang sitwasyon, hindi na inaalala ng Diyos ang kahinaan ng tao, at patuloy na nagsasalita tanggapin man ng mga tao ang Kanyang mga salita o hindi. Alinsunod sa Kanyang kalooban, kapag natapos ang Kanyang mga salita, iyon ang panahon na makukumpleto ang Kanyang gawain sa lupa. Ngunit ang gawain sa panahong ito ay hindi katulad noong araw. Kapag natatapos ang mga pagbigkas ng Diyos, walang sinumang makakaalam; kapag natatapos ang gawain ng Diyos, walang sinumang makakaalam; at kapag nagbabago ang anyo ng Diyos, walang sinumang makakaalam. Ganyan ang karunungan ng Diyos. Para maiwasan ang anumang mga pagpaparatang ni Satanas at anumang panghihimasok mula sa mga puwersa ng kaaway, gumagawa ang Diyos nang walang sinumang nakakaalam, at sa panahong ito ay walang reaksiyon sa mga tao sa lupa. Bagama’t ang mga palatandaan ng pagbabagong-anyo ng Diyos ay minsan nang binanggit, walang sinumang nakahiwatig dito, sapagkat nakalimutan na ito ng tao, at hindi niya binibigyang-pansin ito. Dahil sa mga pag-atake kapwa mula sa loob at sa labas—ang mga kalamidad sa mundo sa labas at ang pagsunog at paglilinis ng mga salita ng Diyos—ayaw nang magpakahirap ng mga tao para sa Diyos, dahil masyado silang abala sa sarili nilang mga usapin. Kapag dumating ang lahat ng tao sa punto ng pagtanggì sa kaalaman at paghahabol sa nakaraan, kapag nakita na nang malinaw ng lahat ng tao ang kanilang sarili, mabibigo sila at hindi na magkakaroon ng puwang ang kanilang sarili sa puso nila. Saka lamang taos-pusong mananabik ang mga tao sa mga salita ng Diyos, saka lamang tunay na magkakaroon ng puwang ang mga salita ng Diyos sa puso nila, at saka lamang magiging pinagmumulan ng kanilang pag-iral ang mga salita ng Diyos—sa sandaling ito, matutupad ang kalooban ng Diyos. Ngunit napakalayo pa ng mga tao ng ngayon bago makarating sa puntong ito. Halos hindi pa nakausad nang isang pulgada ang ilan sa kanila, at sa gayon ay sinasabi ng Diyos na ito ay “pagbalik sa dating gawi.”

Maraming tanong sa lahat ng salita ng Diyos. Bakit patuloy na itinatanong ng Diyos ang gayong mga bagay? “Bakit hindi makapagsisi at maisilang na muli ang mga tao? Bakit sila handang mamuhay sa latian magpakailanman sa halip na sa isang lugar na hindi maputik? ...” Noong araw, gumawa ang Diyos sa pamamagitan ng tuwirang pagtuturo ng mga bagay-bagay o tuwirang paglalantad. Ngunit pagkatapos magdusa ng matinding pasakit ang mga tao, hindi na nagsalita nang tuwiran ang Diyos sa ganitong paraan. Sa loob ng mga katanungang ito, nakikita ng mga tao ang sarili nilang mga kakulangan at naiintindihan ang landas ng pagsasagawa. Dahil gusto ng lahat ng tao na kainin ang anumang nariryan na, nagsasalita ang Diyos nang angkop sa kanilang mga hinihingi, na nagbibigay sa kanila ng mga paksang pagninilayan upang mapagnilayan nila ang mga iyon. Ito ay isang aspeto ng kabuluhan ng mga tanong ng Diyos. Natural, hindi ito ang kabuluhan ng ilan sa Kanyang ibang mga tanong, halimbawa: Naging masama kaya ang naging pagtrato Ko sa kanila? Mali kaya ang direksyong naituro Ko sa kanila? Inaakay Ko kaya sila sa impiyerno? Ipinapakita ng mga tanong na kagaya nito ang mga kuru-kurong nakatanim sa kaibuturan ng puso ng mga tao. Bagama’t hindi isinasatinig ng kanilang bibig ang mga kuru-kurong ito, may pagdududa sa puso ng karamihan sa kanila, at naniniwala sila na ang mga salita ng Diyos ay inilalarawan sila na lubos na walang halaga. Natural, hindi kilala ng gayong mga tao ang kanilang sarili, ngunit sa huli ay aaminin nilang natalo sila ng mga salita ng Diyos—hindi ito maiiwasan. Kasunod ng mga katanungang ito, sinasabi rin ng Diyos na, “Balak Kong durugin ang lahat ng bansa sa maliliit na piraso, pati na ang pamilya ng tao.” Kapag tinatanggap ng mga tao ang pangalan ng Diyos, mayayanig ang lahat ng bansa dahil dito, unti-unting magbabago ang mentalidad ng mga tao, at mawawala na ang relasyon sa mga pamilya sa pagitan ng ama at ng anak na lalaki, ng ina at ng anak na babae at ng mag-asawa sa isa’t isa. Bukod pa ryan, lalo pang magkakalayo ang mga relasyon sa pagitan ng mga tao sa mga pamilya; sasama sila sa malaking pamilya, at ang regular na mga kaugalian sa buhay ng halos lahat ng pamilya ay masisira. Dahil dito, ang konsepto ng “pamilya” sa puso ng mga tao ay lalong magiging malabo.

Sa mga salita ng Diyos ngayon, bakit napakaraming nakatuon sa “pakikipagpalitan ng damdamin” sa mga tao? Natural, ito ay para makamit din ang isang tiyak na epekto, kung saan makikita na balisang-balisa ang puso ng Diyos. Sinasabi ng Diyos, “Kapag nalulungkot Ako, sino ang makakaaliw sa Akin nang taos-puso?” Sinasabi ng Diyos ang mga salitang ito dahil nadaraig ng kalungkutan ang Kanyang puso. Walang kakayahan ang mga tao na magmalasakit nang husto sa kalooban ng Diyos, at lagi silang nagpapakasama, hindi nila mapigilan ang kanilang sarili, at ginagawa nila kung ano ang gusto nila; napakababa nila, at lagi nilang pinatatawad ang kanilang sarili at hindi nila inaalala ang kalooban ng Diyos. Ngunit dahil nagawa nang tiwali ni Satanas ang mga tao hanggang sa ngayon, at wala silang kakayahang palayain ang kanilang sarili, sinasabi ng Diyos: “Paano nila matatakan ang mga panga ng gutom na gutom na lobo? Paano sila makakahulagpos mula sa mga banta at panunukso nito?” Ang mga tao

ay nabubuhay sa laman, na nangangahulugan ng mabuhay sa bibig ng gutom na gutom na lobo. Dahil dito, at dahil walang kamalayan sa sarili ang mga tao at lagi nilang pinalalayaw ang kanilang sarili at nagpapadaig sila sa kabuktutan, hindi mapigilan ng Diyos na mabalisa. Kapag mas pinaaalalahanan ng Diyos ang mga tao nang gayon, mas gumagaan ang kanilang pakiramdam, at mas nagiging handa silang makibahagi sa Diyos. Saka lamang magkakasundo ang tao at ang Diyos, nang walang anumang paghihiwalay o agwat sa pagitan nila. Ngayon, hinihintay ng buong sangkatauhan ang pagsapit ng araw ng Diyos, kaya nga hindi nakasulong ang sangkatauhan kailanman. Subalit sinasabi ng Diyos: “Kapag nagpakita ang Araw ng katuwiran, magliliwanag ang Silangan, at pagkatapos ay liliwanagan nito ang buong sansinukob, na umaabot sa lahat.” Sa madaling salita, kapag binago ng Diyos ang Kanyang anyo, matataglawan muna ang Silangan at ang bansa ng Silangan ang unang papalitan, pagkatapos ay paninibaguhin ang natitirang mga bansa mula timog hanggang hilaga. Ganito ang pagkakasunod-sunod, at lahat ay magiging alinsunod sa mga salita ng Diyos. Kapag natapos na ang yugtong ito, makikita ng lahat ng tao. Gumagawa ang Diyos ayon sa pagkakasunod-sunod na ito. Kapag namamasdan nila ang araw na ito, lubhang magagalak ang mga tao. Makikita mula sa agarang layunin ng Diyos na hindi na nalalayo ang araw na ito.

Sa mga salitang sinasambit dito ngayon, ang pangalawa at pangatlong bahagi ay pumupukaw sa mga luha ng pagdadalamhati sa lahat ng nagmamahal sa Diyos. Agad na nababalot ng dilim ang kanilang puso, at mula sa oras na iyon ay napupuspos ng matinding kalungkutan ang lahat ng tao dahil sa puso ng Diyos. Wala silang madaramang ginhawa hanggang sa matapos ng Diyos ang Kanyang gawain sa lupa. Ito ang pangkalahatang kalakaran. “Sumisiklab ang galit sa puso Ko, na may kasamang pagbugso ng damdamin ng kalungkutan. Kapag namamasdan ng Aking mga mata na marumi ang mga gawa at bawat salita at kilos ng mga tao, nag-uumapaw ang galit Ko, at sa puso Ko ay mas matindi ang nadarama Kong mga kawalan ng katarungan sa mundo ng tao, kaya lalo Akong nalulungkot; nananabik Akong tapusin kaagad ang laman ng tao. Hindi Ko alam kung bakit hindi kayang linisin ng tao ang kanyang sarili sa laman, kung bakit hindi kayang mahalin ng tao ang kanyang sarili sa laman. Maaari kayang napakalaki ng ‘silbi’ ng laman?” Sa mga salita ng Diyos ngayon, isiniwalat na ng Diyos sa publiko ang lahat ng pagkabalisa sa Kanyang puso sa tao, nang walang anumang itinatago. Kapag nagpapatugtog ng musika ang mga anghel ng ikatlong langit para sa Kanya, nananabik pa rin ang Diyos sa mga tao sa lupa, at dahil dito kaya Niya sinasabing, “Kapag ang mga anghel ay tumutugtog ng musika ng papuri sa Akin, hindi nito mapigilang pukawin ang Aking awa sa tao. Biglang napupuspos ng kalungkutan ang puso Ko, at imposibleng mapawi Ko sa Aking sarili ang masakit na damdaming ito.” Ito ang dahilan kaya sinasabi ng Diyos ang mga salitang: “Itatama Ko ang mga kawalang-katarungan sa mundo ng tao. Gagawin Ko mismo ang Aking gawain sa buong mundo, pagbabawalan Ko si Satanas na muling saktan ang Aking mga tao, pagbabawalan Ko ang mga kaaway na muling gawin ang anumang gusto nila. Magiging Hari Ako sa lupa

at ililipat Ko ang Aking luklukan doon, papangyayarihin Kong magpatirapa sa lupa ang lahat ng kaaway Ko at paaaminin Ko sa mga krimen nila sa Aking harapan.” Ang kalungkutan ng Diyos ay nagdaragdag sa Kanyang poot sa mga diyablo, at sa gayon ay maaga Niyang inihahayag sa masa kung paano matatapos ang mga diyablo. Ito ang gawain ng Diyos. Noon pa man ay nais na ng Diyos na muling makasama ang lahat ng tao at tapusin ang dating kapanahunan. Lahat ng tao sa buong sansinukob ay nagsisimulang gumalaw—ibig sabihin, lahat ng tao sa kosmos ay pumapasok sa patnubay ng Diyos. Dahil dito, ang kanilang mga kaisipan ay nauuwi sa pag-aalsa laban sa kanilang mga emperador. Hindi magtatagal, magkakagulo ang mga tao sa mundo at magsisitakas ang mga pinuno ng lahat ng bansa sa lahat ng direksyon, at sa huli ay hihilahin ng kanilang mga tao patungo sa pugutan ng ulo. Ito ang huling wakas ng mga hari ng mga diyablo; sa huli, walang sinuman sa kanila ang makakatakas, at kailangang pagdaanan nilang lahat ito. Ngayon, yaong mga “matalino” ay nagsimula nang umurong. Nang makitang hindi maganda ang sitwasyon, ginagamit nila ang pagkakataong ito para umatras at takasan ang mga hirap ng malaking sakuna. Ngunit malinaw Kong sinasabi, ang gawaing ginagawa ng Diyos sa mga huling araw higit sa lahat ay ang pagkastigo ng tao, kaya paanong posibleng makakatakas ang mga taong ito? Ngayon ang unang hakbang. Balang araw, lahat ng nasa sansinukob ay mahuhulog sa kaguluhan ng digmaan; hindi na muling magkakaroon ng mga pinuno ang mga tao sa lupa kailanman, magiging parang isang tumpok ng buhaghag na buhangin ang buong mundo, na hindi pinamamahalaan ng sinuman, at sariling buhay lamang nila ang pangangalagaan ng mga tao, na hindi pinapansin ang sinupamang iba, sapagkat lahat ay kontrolado ng kamay ng Diyos—kaya nga sinasabi ng Diyos, “Pinagwawatak-watak ng buong sangkatauhan ang iba’t ibang bansa ayon sa Aking kalooban.” Ang pagtunog ng mga trumpeta ng mga anghel na sinasabi ng Diyos ngayon ay isang palatandaan—pinatutunog ng mga ito ang pang-alarmang kampana para sa tao, at kapag minsan pang tumunog ang mga trumpeta, dumating na ang huling araw ng mundo. Sa oras na iyon, sasapit ang buong pagkastigo ng Diyos sa buong daigdig; ito ay magiging walang-pusong paghatol, at ang opisyal na pagsisimula ng panahon ng pagkastigo. Sa mga Israelita, kadalasan ay magkakaroon ng tinig ng Diyos para akayin sila sa iba’t ibang kapaligiran, at magpapakita rin ang mga anghel sa kanila. Gagawing ganap ang mga Israelita sa loob lamang ng ilang buwan, at dahil hindi na nila kakailanganing sumailalim sa hakbang ng pag-aalis sa kanilang sarili mula sa kamandag ng malaking pulang dragon, magiging madali para sa kanila ang pumasok sa tamang landas sa ilalim ng iba-ibang uri ng patnubay. Mula sa mga pag-unlad sa Israel ay makikita ang kalagayan ng buong sansinukob, at ipinapakita nito kung gaano kabilis ang mga hakbang ng gawain ng Diyos. “Dumating na ang panahon! Pakikilusin Ko ang Aking gawain, mamamahala Ako bilang Hari sa gitna ng mga tao!” Noong araw, naghari lamang ang Diyos sa langit. Ngayon, naghahari Siya sa lupa; nabawi na ng Diyos ang lahat ng Kanyang awtoridad, kaya nga hinulaan na buong sangkatauhan ay hindi na muling mamumuhay ng normal

na buhay ng tao kailanman, sapagkat muling aayusin ng Diyos ang langit at lupa, at walang taong pinahihintulatang makialam. Sa gayon, madalas ipaalala ng Diyos sa tao na “dumating na ang panahon.” Kapag nakabalik na ang lahat ng Israelita sa kanilang bansa—sa araw na nabawi nang buong-buo ang bansang Israel—makukumpleto na ang dakilang gawain ng Diyos. Hindi natatanto ng sinuman, mag-aalsa ang mga tao sa buong sansinukob, at babagsak ang mga bansa sa buong sansinukob na parang mga bituin sa langit; sa isang iglap, guguhon sila. Matapos silang pakitunguhan, itatayo ng Diyos ang kahariang pinakamamahal ng Kanyang puso.

Kabanata 28

Ang kalagayan ng mga tao ay na kapag mas babahagya nilang nauunawaan ang mga salita ng Diyos, mas nagdududa sila sa kasalukuyang paraan ng paggawa ng Diyos. Ngunit wala itong epekto sa gawain ng Diyos; kapag umabot sa isang punto ang Kanyang mga salita, natural na mapupukaw ang puso ng mga tao. Sa kanilang buhay, lahat ay nakatuon sa mga salita ng Diyos, at nagsisimula rin silang manabik sa Kanyang mga salita, at dahil sa tuluy-tuloy na pagkalantad ng Diyos, nagsisimula silang kamuhian ang kanilang sarili. Subalit nabigkas din ng Diyos ang marami sa sumusunod na uri ng mga salita: “Kapag lubusan na niyang naunawaan ang lahat ng Aking salita, nagiging akma ang tayog ng tao sa mga naisin Ko, at mabunga ang kanyang mga pagsusumamo, at hindi walang kabuluhan o walang saysay; pinagpapala Ko ang mga pagsusumamo ng sangkatauhan na taos-puso, yaong mga hindi pakunwari.” Sa katunayan, ang mga tao ay walang kakayahan na lubusang maunawaan ang mga salita ng Diyos, maaari lamang nilang maunawaan ito nang mababaw. Ginagamit lamang ng Diyos ang mga salitang ito upang bigyan sila ng isang layunin na hahangarin nilang matamo, upang ipadama sa kanila na ang Diyos ay hindi gumagawa ng mga bagay nang basta-basta, kundi seryoso Siya tungkol sa Kanyang gawain; saka lamang sila magkakaroon ng pananampalatayang hangarin ito. At dahil lahat ng tao ay nagsusumamo lamang para sa kanilang sariling mga kapakanan, hindi para sa kalooban ng Diyos, ngunit hindi pabagu-bago ang Diyos, ang Kanyang mga salita ay laging nakatuon sa likas na pagkatao ng tao. Bagama’t karamihan sa mga tao ngayon ay nagsusumamo, hindi sila tapat—nagkukunwari lamang sila. Ang kalagayan ng lahat ng tao ay na “itinuturing nila ang Aking bibig na isang kornukopya. Nais ng lahat ng tao na makakuha ng isang bagay mula sa Aking bibig. Mga lihim man ito ng kalagayan, o mga hiwaga ng langit, o mga puwersa ng espirituwal na mundo, o hantungan ng sangkatauhan.” Dahil mausisa sila, lahat ng tao ay handang saliksikin ang mga bagay na ito, at ayaw nilang magkamit ng anumang panustos ng buhay mula sa mga salita ng Diyos. Kaya naman sinasabi ng Diyos, “Napakaraming kulang sa kalooban ng tao: Hindi lamang mga ‘suplementong pangkalusugan’ ang kanyang kailangan, kundi higit pa ryan, kailangan niya ng

‘suportang pangkaisipan’ at ng ‘espirituwal na panustos.’” Ang mga kuru-kuro ng mga tao ang humantong sa pagkanegatibo ngayon, at ito ay dahil ang kanilang pisikal na mga mata ay masyadong “piyudal” kaya walang sigla sa kanilang sinasabi at ginagawa, at wala silang pakialam at pabaya sila sa lahat ng bagay. Hindi ba ito ang mga kundisyon ng mga tao? Hindi ba dapat magmadali ang mga tao at ituwid ito, sa halip na magpatuloy sila na tulad ng dati? Ano ang pakinabang ng tao sa pag-alam sa hinaharap? Bakit may reaksiyon ang mga tao matapos basahin ang ilan sa mga salita ng Diyos, ngunit walang epekto ang nalalabing bahagi ng Kanyang mga salita? Halimbawa, kapag sinasabi ng Diyos, “Naglalaan Ako ng lunas para sa sakit ng tao upang magkamit ng mas magagandang epekto, para lahat ay maipanumbalik sa kalusugan, at, salamat sa Aking lunas, makabalik sila sa pagiging normal,” paano nawalan ng epekto ang mga salitang ito sa mga tao? Hindi ba lahat ng ginagawa ng Diyos ay yaong dapat matamo ng tao? May gawaing gagawin ang Diyos—bakit walang landas na tatahakin ang mga tao? Hindi ba ito paglihis sa Diyos? Marami talagang gawaing dapat gawin ang mga tao—halimbawa, gaano karami ang alam nila tungkol sa “malaking pulang dragon” sa mga salitang “Talaga bang namumuhi kayo sa malaking pulang dragon?” Ang pagsasabi ng Diyos na “bakit ba napakaraming beses Ko na kayong natanong?” ay nagpapakita na mangmang pa rin ang mga tao tungkol sa likas na pagkatao ng malaking pulang dragon, at na nananatili silang walang kakayahang siyasatin ito nang mas malalim. Hindi ba ito mismo ang gawaing dapat gawin ng tao? Paano masasabi na ang tao ay walang gawain? Kung nagkagayon, ano ang magiging kabuluhan ng pagkakatawang-tao ng Diyos? Pabaya ba at walang pakialam ang Diyos para lamang matapos na ang gawain? Maaari bang talunin ang malaking pulang dragon sa ganitong paraan?

Sinasabi ng Diyos, “Nagsimula na Ako, at uumpisahan Ko ang unang hakbang ng Aking gawain ng pagkastigo sa tirahan ng malaking pulang dragon.” Ang mga salitang ito ay nakatuon sa gawain sa pagka-Diyos; ang mga tao sa ngayon ay pumasok na nang maaga sa pagkastigo, at sa gayon ay sinasabi ng Diyos na ito ang unang hakbang ng Kanyang gawain. Hindi Niya pinatitiis sa mga tao ang pagkastigo ng mga kalamidad, kundi ang pagkastigo ng mga salita. Dahil, kapag nagbabago ang tono ng mga salita ng Diyos, nagiging lubos na mangmang ang mga tao, at pagkatapos niyon ay pumapasok silang lahat sa pagkastigo. Pagkatapos makaranas ng pagkastigo, “pormal ninyong gagampanan ang inyong tungkulin, at pormal ninyo Akong pupurihin sa buong lupain, magpakailan pa man!” Ito ay mga hakbang sa gawain ng Diyos—ang mga ito ang Kanyang plano. Bukod dito, ang mga taong ito ng Diyos ay personal na makikita ang mga pamamaraan kung paano kinakastigo ang malaking pulang dragon, kaya ang kapahamakan ay hindi sa kanila opisyal na nagsisimula, kundi sa mundo sa paligid nila. Ito ay isa sa mga kaparaanan kung paano inililigtas ng Diyos ang mga tao. Kinakastigo sila sa kanilang kalooban, at napapahamak ang kanilang katawan—ibig sabihin, natutupad ang mga salita ng Diyos. Kaya, mas gugustuhin ng mga tao na sumailalim sa pagkastigo kaysa sa kapahamakan, at dahil dito kaya sila nananatili. Sa isang banda,

ito ang puntong narating ng gawain ng Diyos; sa kabilang banda, ito ay upang malaman ng lahat ng tao ang disposisyon ng Diyos. Kaya sinasabi ng Diyos, “Ang panahon na matatamasa Ako ng Aking mga tao ay kapag kinastigo ang malaking pulang dragon. Plano Kong gawing dahilan ito upang magbangon at maghimagsik ang mga tao ng malaking pulang dragon, at ito ang pamamaraang ginagamit Ko upang gawing perpekto ang Aking mga tao, at magandang pagkakataon ito para lumago sa buhay ang lahat ng tao Ko.” Bakit sinasabi ng Diyos ang mga salitang ito, subalit hindi nito naaakit ang pansin ng mga tao?

Nagkakagulo nang husto ang mga bansa, dahil nagsimula nang gampanan ng pamalo ng Diyos ang papel nito sa lupa. Makikita ang gawain ng Diyos sa kalagayan ng mundo. Kapag sinasabi ng Diyos, “Raragasa ang mga tubig, guguhu ang mga bundok, maglalaho ang malalaking ilog,” ito ang paunang gawain ng pamalo sa lupa, na may resulta na “magkakawatak-watak ang lahat ng sambahayan sa lupa, at mahahati-hati ang lahat ng bansa sa mundo; mawawala na ang mga panahon na magbabalikan ang mag-asawa, hindi na muling magkikita ang ina at anak na lalaki, hindi na kailanman magtatagpo ang ama at anak na babae. Dudurugin Ko ang lahat ng dating nasa lupa.” Ganyan ang magiging karaniwang kalagayan ng mga pamilya sa lupa. Natural, malamang na hindi ganito ang magiging kalagayan nilang lahat, ngunit ito ang kalagayan ng karamihan sa kanila. Sa kabilang dako, tumutukoy ito sa mga sitwasyong naranasan ng mga taong nasa daloy na ito sa hinaharap. Hinuhulaan nito na, kapag nagdaan na sila sa pagkastigo ng mga salita at napahamak na ang mga walang pananampalataya, mawawalan na ng mga relasyon sa pamilya ang mga tao sa lupa; magiging mga tao silang lahat ng Sinim, at lahat ay magiging matapat sa kaharian ng Diyos. Sa gayon, mawawala na ang mga panahon na magbabalikan ang mag-asawa, hindi na muling magkikita ang ina at anak na lalaki, hindi na kailanman magtatagpo ang ama at anak na babae. Kaya nga, ang mga pamilya ng mga tao sa lupa ay magkakawatak-watak, magkakapira-piraso, at ito ang magiging panghuling gawaing gagawin ng Diyos sa tao. At dahil palalaganapin ng Diyos ang gawaing ito sa buong sansinukob, sasamantalahin Niya ang pagkakataon para linawin ang salitang “damdamin” para sa mga tao, kaya pahihintulutan silang makita na ang kalooban ng Diyos ay paghiwalayin ang mga pamilya ng lahat ng tao, at nagpapakita na gumagamit ng pagkastigo ang Diyos upang lutasin ang lahat ng “alitan sa pamilya” sa sangkatauhan. Kung hindi, walang paraan para mawakasan ang huling bahagi ng gawain ng Diyos sa lupa. Ang huling bahagi ng mga salita ng Diyos ay inilalantad ang pinakamalaking kahinaan ng sangkatauhan—lahat sila ay maramdamin—kaya nga hindi iniwasan ng Diyos ang isa man sa kanila, at inilalantad ang mga lihim na nakatago sa puso ng buong sangkatauhan. Bakit hirap na hirap ang mga tao na ihiwalay ang kanilang sarili sa kanilang damdamin? Higit pa ba ito kaysa sa mga pamantayan ng konsiyensya? Maisasakatuparan ba ng konsiyensya ang kalooban ng Diyos? Matutulungan ba ng damdamin na malagpasan ng mga tao ang kahirapan? Sa

mga mata ng Diyos, ang damdamin ay Kanyang kaaway—hindi ba ito malinaw na nakasaad sa mga salita ng Diyos?

Kabanata 29

Sa gawaing ginawa ng mga tao, ilan sa mga ito ay isinasagawa nang may tuwirang tagubilin mula sa Diyos, ngunit may isang bahagi rin dito na hindi nagbigay ng partikular na mga tagubilin ang Diyos, na sapat na nagpapakita na ang ginawa ng Diyos, ngayon, ay kailangan pang lubos na ihayag—ibig sabihin, maraming nananatiling tago at kailangan pang isapubliko. Gayunman, ang ilang bagay ay kailangang isapubliko, samantalang ang iba ay kailangang iwang naguguluhan at nalilito ang mga tao; ito ang kinakailangan ng gawain ng Diyos. Halimbawa, ang pagdating ng Diyos sa tao mula sa langit—paano Siya dumating, anong segundo Siya dumating, o kung ang kalangitan at lupa at lahat ng bagay ay sumailalim sa mga pagbabago o hindi—kinakailangan ng mga bagay na ito na malito ang mga tao. Batay rin ito sa mga aktwal na sitwasyon, sapagkat ang laman mismo ng tao ay walang kakayahang direktang pumasok sa espirituwal na dako. Sa gayon, kahit malinaw na ipinapahayag ng Diyos kung paano Siya pumarito mula sa langit patungo sa lupa, o kapag sinasabi Niyang, “Sa araw na muling nabuhay ang lahat ng bagay, pumarito Ako sa piling ng tao, at nakagugol Ako ng kamangha-manghang mga araw at gabi kasama siya,” ang gayong mga salita ay tulad sa isang tao na kumakausap sa isang katawan ng puno—wala ni katiting na reaksiyon, dahil walang alam ang mga tao tungkol sa mga hakbang ng gawain ng Diyos. Kahit talagang may kamalayan sila, naniniwala sila na lumipad ang Diyos pababa sa lupa mula sa langit na parang isang diwata at muling isinilang sa tao. Ito ang kayang makamit ng iniisip ng tao. Ito ay dahil hindi maunawaan ng diwa ng tao ang diwa ng Diyos, at hindi kayang maunawaan ang realidad ng espirituwal na dako. Sa pamamagitan lamang ng kanilang diwa, mawawalan ng kakayahan ang mga tao na kumilos bilang isang huwaran para sa iba, dahil ang mga tao ay likas na magkakapareho, at hindi magkakaiba. Sa gayon, ang paghiling na magpakita ang mga tao ng halimbawang susundan ng iba o magsilbi silang huwaran ay nagiging isang bula, ito ay nagiging singaw na umaangat mula sa tubig. Samantalang kapag sinasabi ng Diyos na “nagtatamo ng kaunting kaalaman tungkol sa kung ano ang mayroon Ako at kung ano Ako,” ang mga salitang ito ay patungkol lamang sa pagpapakita ng gawaing ginagawa ng Diyos sa katawang-tao; sa madaling salita, nakatuon ang mga ito sa tunay na mukha ng Diyos—pagka-Diyos, na una a lahat ay tumutukoy sa Kanyang banal na disposisyon. Ibig sabihin, hinihingi sa mga tao na unawain ang mga bagay-bagay tulad ng kung bakit gumagawa ang Diyos sa ganitong paraan, anong mga bagay ang isasakatuparan ng mga salita ng Diyos, ano ang nais makamitan ng Diyos sa lupa, ano ang nais Niyang matamo sa tao, ang mga pamamaraan kung paano magsalita ang Diyos, at ano ang ugali ng Diyos sa tao. Masasabi na

walang nararapat ipagmalaki tungkol sa tao—ibig sabihin, walang anuman sa kanya na maaaring magpakita ng halimbawang susundan ng iba.

Ito ay dahil mismo sa pagiging normal ng Diyos sa katawang-tao, at dahil sa pagkakaiba ng Diyos sa langit at ng Diyos sa katawang-tao, na tila hindi isinilang ng Diyos sa langit, na sinasabi ng Diyos, “Maraming taon Kong nakapiling ang tao, subalit palaging hindi niya ito namamalayan, at hindi niya Ako nakilala kailanman.” Sinasabi rin ng Diyos na, “Kapag tumahak ang Aking mga yapak sa buong sansinukob at sa mga dulo ng daigdig, magsisimulang magnilay-nilay ang tao sa kanyang sarili, at lahat ng tao ay lalapit sa Akin at yuyuko sa Aking harapan at sasambahin Ako. Ito ang araw na magtatamo Ako ng kaluwalhatian, ang araw ng Aking pagbabalik, at ang araw din ng Aking paglisan.” Ito lamang ang araw kung kailan ipinapakita ang tunay na mukha ng Diyos sa tao. Subalit hindi ipinagpapaliban ng Diyos ang Kanyang gawain dahil dito, at ginagawa lamang Niya ang gawaing dapat gawin. Kapag Siya ay humahatol, isinusumpa Niya ang mga tao batay sa kanilang saloobin sa Diyos sa katawang-tao. Ito ay isa sa mga pangunahing paksa ng mga pagbigkas ng Diyos sa panahong ito. Halimbawa, sinasabi ng Diyos, “Pormal na Akong nagsimula sa buong sansinukob sa pagwawakas ng Aking plano ng pamamahala. Mula sa sandaling ito, sinumang hindi maingat ay nanganganib na malublob sa gitna ng walang-awang pagkastigo, at maaari itong mangyari anumang sandali.” Ito ang nilalaman ng plano ng Diyos, at hindi ito kakatwa ni kakaiba, kundi lahat ng bahagi ng mga hakbang ng Kanyang gawain. Ang mga tao at ang mga anak ng Diyos sa ibang bansa, samantala, ay hinahatulan ng Diyos batay sa lahat ng kanilang ginagawa sa mga iglesia, at sa gayon ay sinasabi ng Diyos, “Habang gumagawa Ako, lahat ng anghel ay magsisimula sa pangwakas na pakikibaka na kasama Ko at magpapasyang tuparin ang Aking mga naisin sa huling yugto, kaya ang mga tao sa lupa ay susuko sa Aking harapan kagaya ng mga anghel, at mawawalan ng hangaring salungatin Ako, at hindi gagawa ng anumang pagsuway sa Akin. Ito ang mga dinamika ng Aking gawain sa buong sansinukob.” Ito ang pagkakaiba sa gawaing isinasagawa ng Diyos sa buong daigdig; gumagamit Siya ng iba’t ibang mga hakbang ayon sa kung kanino nakatuon ang mga iyon. Ngayon, lahat ng tao sa mga iglesia ay may nananabik na puso, at nagsimula na silang kumain at uminom ng mga salita ng Diyos—sapat na ito para ipakita na malapit nang magwakas ang gawain ng Diyos. Ang pagtingin sa ibaba mula sa kalangitan ay tulad sa minsan pang pagtingin sa mapapanglaw na tanawin ng mga tuyot na sanga at laglag na mga dahon, ng namuong putik na tinangay ng hangin ng taglagas. Ang pakiramdam nito ay parang malapit nang maganap ang apocalipsis sa tao, na para bang magiging mapanglaw ang lahat. Dahil siguro sa pagiging sensitibo ng Espiritu, laging may ramdam na kalungkutan sa puso, subalit may katiting na panatag na kaginhawahan, bagama’t may halong kaunting kalungkutan. Maaaring ito ang inilalarawan ng mga salita ng Diyos na “gumigising ang tao, nasa ayos ang lahat sa lupa, at wala na ang mga araw ng pakikibaka sa lupa para mabuhay, sapagkat dumating na Ako!” Maaaring maging medyo negatibo ang mga tao

pagkatapos marinig ang mga salitang ito, o maaaring bahagya silang dismayado sa gawain ng Diyos, o maaaring labis na nakatuon ang kanilang pansin sa damdamin sa kanilang espiritu. Ngunit bago matapos ang Kanyang gawain sa lupa, imposibleng magpakahangal ang Diyos para bigyan ang mga tao ng gayong ilusyon. Kung talagang mayroon kang ganitong damdamin, nagpapakita ito na labis mong binibigyang-pansin ang iyong mga damdamin, na isa kang taong ginagawa ang gusto nila, at hindi nagmamahal sa Diyos; nagpapakita ito na ang gayong mga tao ay labis na nakatuon sa higit sa karaniwan, at hindi man lamang nakikinig sa Diyos. Dahil sa kamay ng Diyos, gaano man sikapin ng mga tao na makalayo, hindi nila kayang takasan ang sitwasyong ito. Sino ang makakatakas sa kamay ng Diyos? Kailan hindi naisaayos ng Diyos ang iyong katayuan at sitwasyon? Nagdurusa ka man o pinagpala, paano ka kaya makakalusot mula sa kamay ng Diyos? Hindi ito tungkol sa tao, kundi sa halip ay lubos itong tungkol sa pangangailangan ng Diyos—sino ang may kakayahang hindi sumunod dahil dito?

“Gagamit Ako ng pagkastigo para ipalaganap ang Aking gawain sa mga Hentil, ibig sabihin, gagamit Ako ng puwersa laban sa lahat ng Hentil. Natural, ang gawaing ito ay isasagawa kasabay ng Aking gawain sa mga hinirang.” Sa pagbigkas ng mga salitang ito, ang Diyos ay sumusuong sa gawaing ito sa buong sansinukob. Ito ay isang hakbang ng gawain ng Diyos, na nakasulong na sa puntong ito; walang sinuman ang makakapagpanumbalik ng mga bagay-bagay. Pupunuin ng sakuna ang isang bahagi ng sangkatauhan, na nagsasanhi sa kanila na mapahamak kasama ng mundo. Kapag ang sansinukob ay opisyal na kinastigo, ang Diyos ay opisyal na magpapakita sa lahat ng tao. At dahil sa Kanyang pagpapakita, ang mga tao ay kinakastigo. Higit pa, sinabi rin ng Diyos, “Kapag pormal Ko nang binuksan ang balumbon, iyon ang panahon kung kailan kakastiguhin ang mga tao sa buong sansinukob, kapag isinailalim ang mga tao sa buong mundo sa mga pagsubok.” Mula rito, malinaw na makikita na ang nilalaman ng pitong tatak ay ang nilalaman ng pagkastigo, na ibig sabihin, may matinding kapahamakang nakapaloob sa pitong tatak. Kaya, ngayon, hindi pa nabubuksan ang pitong tatak; ang “mga pagsubok” na tinutukoy rito ay ang pagkastigong pinagdusahan ng tao, at sa gitna ng pagkastigong ito, makakamit ang isang grupo ng mga tao na opisyal na tumatanggap ng “sertipiko” na bigay ng Diyos, at sa gayon ay sila ang magiging mga tao sa kaharian ng Diyos. Ito ang mga pinagmulan ng mga anak at ng mga tao ng Diyos, at ngayon ay kailangan pa silang pagpasyahan, at naglalalatag lamang sila ng pundasyon para sa darating na mga karanasan. Kung may tunay na buhay ang isang tao, makatatayo sila nang matatag sa panahon ng mga pagsubok, at kung wala silang buhay, sapat na ito para patunayan na ang gawain ng Diyos ay hindi nagkaroon ng epekto sa kanila, na umaasa silang makinabang sa isang magulong sitwasyon, at hindi nakatuon sa mga salita ng Diyos. Dahil ito ang gawain ng mga huling araw, na wakasan ang kapanahunang ito sa halip na ituloy ang gawain, sa gayon ay sinasabi ng Diyos, “Sa madaling salita, ito ang buhay na hindi pa kailanman naranasan ng tao mula noong panahon ng paglikha hanggang sa kasalukuyang araw, at kaya nga sinasabi Ko

na nagawa Ko na ang gawaing hindi pa nagagawa kailanman,” at sinasabi rin Niya, “Dahil papalapit na ang Aking araw sa buong sangkatauhan, dahil hindi ito malayo sa tingin kundi nasa harap mismo ng mga mata ng tao.” Sa nakalipas na mga panahon, personal na winasak ng Diyos ang ilang lungsod, subalit walang isa man sa mga ito ang winasak sa parehong paraan tulad ng mangyayari sa huling pagkakataon. Bagama’t noong araw ay winasak ng Diyos ang Sodoma, ang Sodoma ng ngayon ay hindi dapat ituring na tulad sa nakalipas na mga panahon—hindi ito dapat wasakin nang tuwiran, kundi lulupigin muna at pagkatapos ay hahatulan, at, sa huli, isasailalim sa walang-hanggang kaparusahan. Ito ang mga hakbang ng gawain, at sa huli, pupuksain ang Sodoma ng ngayon sa parehong pagkakasunud-sunod na katulad ng nakaraang pagwasak sa mundo—ito ang plano ng Diyos. Ang araw kung kailan nagpapakita ang Diyos ay ang araw ng opisyal na paghatol sa kasalukuyang Sodoma, at ang paghahayag Niya sa Kanyang Sarili ay hindi alang-alang sa pagliligtas dito. Sa gayon, sinasabi ng Diyos, “Nagpapakita Ako sa banal na kaharian, at itinatago ang Aking Sarili mula sa lupain ng karumihan.” Dahil marumi ang Sodoma ng ngayon, hindi talaga nagpapakita rito ang Diyos, kundi ginagamit ang pamamaraang ito upang kastiguhin ito—hindi pa ba malinaw ito sa iyo? Masasabi na walang sinuman sa lupa ang may kakayahang makita ang tunay na mukha ng Diyos. Hindi pa nagpakita ang Diyos sa tao kailanman, at walang nakakaalam kung saang baitang ng langit naroon ang Diyos. Ito ang nagtulot sa mga tao sa ngayon na mapunta sa sitwasyong ito. Kung mamamasdan nila ang mukha ng Diyos, siguradong iyon ang oras na bawat isa ay ibubukod ayon sa uri. Ngayon, ang mga salitang napapaloob sa pagka-Diyos ay tuwirang ipinamamalas sa mga tao, na humuhula na sumapit na ang mga huling araw ng sangkatauhan, at hindi na maglalaon. Ito ay isa sa mga palatandaan ng pagpapailalim ng mga tao sa mga pagsubok sa panahon na nagpapakita ang Diyos sa lahat ng tao. Sa gayon, bagama’t tinatamasa ng mga tao ang mga salita ng Diyos, lagi silang naiinis, na para bang isang matinding kalamidad ang malapit nang sumapit sa kanila. Ang mga tao sa ngayon ay parang mga maya sa nagyeyelong mga lupain, kung kanino parang ipinipilit ng kamatayan na magbayad sila ng utang at iniwan silang walang paraan para makaraos. Dahil sa utang na kamatayang inutang ng tao, nadarama ng lahat ng tao na sumapit na ang mga huling araw nila. Ito ang nangyayari sa puso ng mga tao sa buong sansinukob, at bagama’t hindi ito nakahayag sa kanilang mukha, hindi maitatago ang nasa kanilang puso mula sa Aking mga mata—ito ang realidad ng tao. Marahil, marami sa mga salita ang hindi ginamit nang wasto nang buong-buo—ngunit ang mga salitang ito mismo ay sapat na para ipakita ang problema. Bawat isa sa mga salitang sinasambit mula sa bibig ng Diyos ay matutupad, tungkol man ito sa nakaraan o sa kasalukuyan; ipapakita ng mga ito ang mga katotohanan sa harap ng mga tao—na pagpipistahan ng kanilang mga mata—kung kailan sila ay mamamangha at malilito. Hindi pa rin ba malinaw sa iyo kung anong kapanahunan na ngayon?

Kabanata 30

Maaaring may kaunting kabatiran tungo sa mga salita ng Diyos ang ilang tao, subalit walang sinuman sa kanila ang nagtitiwala sa kanilang mga damdamin; labis silang natatakot na mahulog sa pagkanegatibo. Sa gayon, palagi silang halinhinan sa pagitan ng galak at lungkot. Patas na sabihing puno ng dalamhati ang buhay ng lahat ng tao; upang mas mapalalim pa ito, may pagpipino sa pang-araw-araw na buhay ng lahat ng tao, gayunman masasabi Ko na walang sinuman ang nagkakamit ng anumang pagpapalaya sa kanilang mga espiritu bawa't araw, at ito ay para bang may tatlong malaking bundok ang dumadagan sa kanilang mga ulo. Walang isa man sa kanilang mga buhay ang masaya at nagagalak sa buong araw—at kahit na kapag medyo masaya sila, pinipilit lang nilang magpakitang-tao. Sa kanilang mga puso, ang mga tao ay laging may pakiramdam na parang may isang bagay na di-tapos. Sa gayon, hindi sila matatag sa kanilang mga puso; sa pamumuhay nang ganito, tila hungkag at di-patas ang mga bagay-bagay, at pagdating sa paniniwala sa Diyos, sila ay abala at kulang sa panahon, o kaya ay wala silang panahon para kumain at uminom ng mga salita ng Diyos, o hindi alam kung paano kumain at uminom ng mga salita ng Diyos nang maayos. Walang isa man sa kanila ang mapayapa, at malinaw, at matatag sa kanilang mga puso. Para bang lagi na silang nanirahan sa ilalim ng makulimlim na kalangitan, na para bang namumuhay sila sa isang lugar na walang oxygen, at humantong ito sa kalituhan sa kanilang mga buhay. Laging nagsasalita ang Diyos nang direktso sa mga kahinaan ng mga tao, lagi Niya silang pinatatamaan kung saan pinakamadali silang tablan—hindi pa rin ba malinaw na nakikita ang tono ng Kanyang pagsasalita hanggang ngayon? Kailanman ay hindi pa binigyan ng Diyos ang mga tao ng pagkakataong magsisi, at ginagawa Niya ang lahat ng tao na mamuhay sa “buwan” nang walang oxygen. Mula sa pasimula hanggang ngayon, hayagang inilantad na ng mga salita ng Diyos ang kalikasan ng tao, gayunman ay walang sinuman ang malinaw na nakakikita sa diwa ng mga salitang ito. Lumalabas na sa pamamagitan ng paglalantad sa diwa ng tao, nakikilala ng mga tao ang kanilang mga sarili at sa gayon ay nakikilala ang Diyos, gayunman ay hindi ito ang landas sa diwa. Ang tono at higit na kalaliman ng mga salita ng Diyos ay nagpapakita ng malinaw na pagkakaiba sa pagitan ng Diyos at tao. Sa kanilang mga damdamin, ginagawa nito ang mga tao na maniwala nang di-namamalayan na ang Diyos ay di-maaabot at di-malalapitan; inilalantad ng Diyos ang lahat, at tila walang sinuman ang kayang magbalik ng ugnayan sa pagitan ng Diyos at tao sa kung paano ito dati. Hindi mahirap makita na ang layon ng lahat ng pagbigkas ng Diyos ay para gamitin ang mga salita upang “pabagsakin” ang lahat ng tao, sa gayon ay naisasakatuparan ang Kanyang gawain. Ito ang mga hakbang ng gawain ng Diyos. Gayunman ay hindi ito ang pinaniniwalaan ng mga tao sa kanilang mga isipan. Naniniwala sila na papalapit na ang gawain ng Diyos sa kasukdulan nito, na papalapit na ito sa pinakanawawaring epekto nito upang malupig ang malaking pulang dragon, na ang ibig sabihin, pinalalakas

ang mga iglesia, na walang sinuman ang may mga kuru-kuro tungkol sa Diyos na nagkatawang-tao, o kaya ang lahat ng tao ay nakikilala ang Diyos. Gayunman ay basahin natin kung ano ang sinasabi ng Diyos: “Sa isipan ng mga tao, ang Diyos ay Diyos, at hindi madaling pakisamahan, habang ang tao ay tao, at hindi dapat madaling maging talipandas. ... At bilang resulta, palagi silang mapagpakumbaba at matiyaga sa harap Ko; hindi nila kayang maging kaayon sa Akin, sapagkat masyado silang maraming kuru-kuro.” Mula rito ay makikita na, anuman ang sinasabi ng Diyos o anuman ang ginagawa ng tao, lubos na walang kakayahan ang mga tao na makilala sa Diyos; dahil sa papel na ginagampanan ng kanilang diwa, anuman ang mangyari, sila, sa pagtatapos ng maghapon, ay walang kakayahang makilala ang Diyos. Sa gayon, ang gawain ng Diyos ay magtatapos kapag nakita ng mga tao ang kanilang mga sarili bilang mga anak ng impiyerno. Hindi na kinakailangan ng Diyos na pakawalan ang Kanyang poot sa mga tao, o ikondena sila nang tuwiran, o na hatulan sila ng kamatayan sa huli upang tapusin ang Kanyang buong pamamahala. Nakikibahagi lang Siya sa mababaw na usapan ayon sa Kanyang sariling bilis, na parang ang pagtatapos ng Kanyang gawain ay nagkataon lang, isang bagay na natupad sa Kanyang libreng oras nang wala ni katiting na pagsisikap. Mula sa labas, tila mayroong kaunting pag-aapura sa gawain ng Diyos—gayunman ay hindi gumagawa ng anuman ang Diyos, wala Siyang ginagawa kundi magsalita. Ang gawain sa gitna ng mga iglesia ay hindi kasing-laki ng sa mga nakaraang panahon: ang Diyos ay hindi nagdaragdag ng mga tao, o nagpapaalis sa kanila, o naglalantad sa kanila—masyadong karaniwan ang ganoong gawain. Tila ang Diyos ay walang iniisip na gawin ang gayong gawain. Nagsasalita lang Siya nang kaunti sa kung ano ang Kanyang dapat sabihin, pagkatapos ay tumatalikod Siya at naglalaho nang walang bakas—na, natural, ay ang tagpo ng pagtatapos ng Kanyang mga pagbigkas. At kapag dumating ang sandaling ito, gigising ang lahat ng tao mula sa kanilang pagkakatulog. Ang sangkatauhan ay mahimbing na natutulog sa loob ng libu-libong taon, siya ay tulog na tulog sa buong panahong iyon. At sa loob ng maraming taon, ang mga tao ay nagmamadali paroo’t parito sa kanilang mga panaginip, at humihiyaw pa nga sila sa kanilang mga panaginip, hindi kayang magsalita tungkol sa kawalang-katarungan sa kaibuturan ng kanilang mga puso. Sa gayon, sila ay “nakararamdam ng bahagyang kapanglawan sa kanilang mga puso”—ngunit kapag sila ay nagising, matutuklasan nila ang talagang mga katotohanan, at mapapabulalas: “Ganito pala ang nangyayari!” Kaya sinasabi na “Ngayon, tulog na tulog pa rin ang karamihan sa mga tao. Kapag tumutunog lang ang awit ng kaharian saka sila nagmumulat ng kanilang inaantok na mga mata at nakararamdam ng bahagyang kapanglawan sa kanilang mga puso.”

Wala pang espiritu ninuman ang napalaya kahit kailan, hindi pa kailanman naging walang-alalahanin at masaya ang espiritu ninuman. Kapag ganap nang natapos ang gawain ng Diyos, ang espiritu ng mga tao ay palalayain, sapagkat ang bawat isa ay pagsasama-samahin ayon sa uri, at sa gayon ay magiging matatag silang lahat sa kanilang mga puso. Para bang ang mga tao ay nasa isang paglalakbay sa malalayong

bahagi at ang kanilang mga puso ay nagiging matatag kapag umuwi sila. Pagkarating sa tahanan, hindi na mararamdaman ng mga tao na hungkag at di-patas ang mundo, bagkus ay mamumuhay nang mapayapa sa kanilang mga tahanan. Ganoon ang magiging mga kalagayan sa gitna ng buong sangkatauhan. Kaya, sinasabi ng Diyos na “ang mga tao ay hindi kailanman nakayang palayain ang kanilang mga sarili mula sa gapos ni Satan.” Walang sinumang nakapagpalaya sa kanilang mga sarili mula sa kalagayang ito habang nasa katawang-tao. Pansamantala, isantabi natin ang sinasabi ng Diyos tungkol sa sari-saring aktuwal na kalagayan ng tao, at pag-usapan lang ang mga hiwaga na hindi pa naibubunyag ng Diyos sa tao. “Di-mabilang ang mga pagkakataon na tiningnan Ako ng mga tao nang may mga matang nanunuya, na para bang puno ng mga tinik ang Aking katawan at kasuklam-suklam sa kanila, at sa gayon ay kinamumuhian Ako ng mga tao, at naniniwalang Ako ay walang halaga.” Sa kabaligtaran, sa diwa, nabubunyag ang tunay na mga kulay ng tao sa mga salita ng Diyos: Nababalutan ng mga tinik ang tao, walang anumang nakalulugod tungkol sa kanya, kaya’t ang pagkamuhi ng Diyos sa tao ay tumitindi, sapagkat ang tao ay walang iba kundi isang parkupinong nababalutan ng tinik na walang anumang kahanga-hangang katangian. Sa biglaang tingin, tila inilalarawan ng mga salitang ito ang mga kuru-kuro ng tao ukol sa Diyos—subalit ang totoo, ipinipinta ng Diyos ang larawan ng tao batay sa kanyang imahe. Ang mga salitang ito ang tumpak na paglalarawan ng Diyos sa tao, at para bang winisikan ng Diyos ng pampirmi ang larawan ng tao; sa gayon, ang larawan ng tao ay matatag na nakatindig sa buong sansinukob, at ikinamamangha pa nga ng mga tao. Mula nang Siya ay nagsimulang magsalita, inilalagay na ng Diyos sa posisyon ang Kanyang mga puwersa para sa isang malaking digmaan sa tao. Siya ay tulad ng isang propesor ng algebra sa unibersidad na naglalatag ng mga katunayan para sa tao, at kung ano ang napapatotohanan ng mga katunayang Kanyang inilalatag—ang katibayan at kontra-katibayan—ay ginagawang lubos na kumbinsido ang lahat ng tao. Ito ang layunin ng lahat ng salita ng Diyos, at dahil dito kaya basta sinasabi ng Diyos ang mahiwagang mga salitang ito sa tao: “Ako, sa kabuuan, ay lubos na walang halaga sa puso ng tao, Ako ay isang gamit sa bahay na mapapalitan.” Matapos basahin ang mga salitang ito, walang magawa ang mga tao kundi manalangin sa kanilang mga puso, at nalalaman nila ang kanilang pagkakautang sa Diyos, na nagsasanhi upang kondenahin nila ang kanilang mga sarili, pinapapaniwala sila na ang tao ay dapat mamatay, at walang kahit katiting na halaga. Sinasabi ng Diyos, “Dahil dito kaya nasumpungan Ko ang Aking sarili sa kinalalagyan Ko ngayon,” na, kapag iniugnay sa aktuwal na mga kalagayan ngayon, ay nagsasanhi sa mga tao na kondenahin ang kanilang mga sarili. Hindi ba ito totoo? Kung nilikha ka upang makilala ang iyong sarili, maaari kaya na ang mga salita tulad ng “Tunay na dapat akong mamatay!” ay lalabas sa iyong bibig? Ganoon ang tunay na mga kalagayan ng tao, at ito ay hindi karapat-dapat na lubhang pag-isipan—ito ay naaangkop na halimbawa lang.

Sa isang banda, kapag ang Diyos ay humihingi ng kapatawaran at pagpaparaya ng

tao, nakikita ng mga tao na ginagawa silang katatawanan ng Diyos, at sa isa pang banda, nakikita rin nila ang kanilang sariling paghihimagsik—hinihintay lang nila ang Diyos na magpagal nang sukdulan para sa tao. Bukod pa ryan, tungkol sa mga kurukuro ng mga tao, sinasabi ng Diyos na hindi Siya bihasa sa pilosopiya sa buhay ng tao o sa wika ng tao. Kaya, sa isang banda ay sinasanhi nito ang mga tao na ikumpara ang mga salitang ito sa praktikal na Diyos, at sa isa pa, nakikita nila ang intensyon ng Diyos sa Kanyang mga salita—tinutuya sila ng Diyos, sapagkat nauunawaan nila na ibinubunyag ng Diyos ang totoong mukha ng tao, at hindi Niya talaga sinasabi sa mga tao ang tungkol sa tunay na mga kalagayan ng Diyos. Ang likas na kahulugan ng mga salita ng Diyos ay puspos ng pangungutya, panlilibak, panunuya, at pagkamuhi sa tao. Ito ay para bang, sa lahat ng ginagawa ng tao, binabaluktot niya ang kautusan at tumatanggap ng mga suhol; ang mga tao ay mga patutot, at kapag ibinubuka ng Diyos ang Kanyang bibig para magsalita, nanginginig sila sa matinding takot, takot na takot na ang katotohanan tungkol sa kanila ay lubusang malalantad, na iiwanan silang lubhang nahihya na humarap kaninuman. Ngunit ang mga katotohanan ay mga katotohanan. Hindi itinitigil ng Diyos ang Kanyang mga pagbigkas dahil sa “pagsisisi” ng tao; habang mas lalong nagiging di-mabigkas na nahihya at di-maipaliwanag na napahiya ang mga tao, lalong hindi inaalis ng Diyos ang Kanyang nagbabagang titig sa kanilang mga mukha. Inilalatag ng mga salita mula sa Kanyang bibig ang lahat ng pangit na mga gawa ng tao sa mesa—ito ay pagiging makatarungan at walang kinikilingin, ito ay tinatawag na Qingtian,^a ito ay paghatol mula sa pinakamataas na hukuman ng mga tao. Kaya, kapag binabasa ng mga tao ang mga salita ng Diyos, sila ay biglang tinatamaan ng atake sa puso, tumataas ang kanilang presyon ng dugo, na para bang sila ay nakararanas ng sakit sa mga ugat sa puso, na para bang ang isang pagdurugo sa utak ay malapit na silang ipadala pabalik sa kanlurang paraiso upang makipagkita sa kanilang mga ninuno—ito ang reaksiyon kapag binabasa nila ang mga salita ng Diyos. Ang tao ay pinahina ng mga taon ng pagpapagal, siya ay maysakit sa loob at labas, ang lahat sa kanya ay may karamdaman, mula sa kanyang puso hanggang sa kanyang mga ugat, malaking bituka, maliit na bituka, sikmura, mga baga, mga bato, at iba pa. Walang anuman sa kanyang buong katawan ang malusog. Sa gayon, ang gawain ng Diyos ay hindi nakaaabot sa antas na hindi kayang maabot ng tao, kundi nagsasanhi sa mga tao na makilala ang kanilang mga sarili. Dahil ang katawan ng tao ay napapaliligiran ng mga virus, at dahil tumanda na siya, nalalapit na ang araw ng kanyang kamatayan, at walang daang pabalik. Ngunit ito ay bahagi lang ng kuwento; ang tunay na kahulugan ay hindi pa naibubunyag, sapagkat ang pinagmumulan ng karamdaman ng tao ay hinahanap pa. Sa realidad, ang panahon kung kailan ang kabuuan ng gawain ng Diyos ay natatapos ay hindi ang panahon kung kailan ang

^a Qingtian: Ang katagang ito ay ginagamit upang tukuyin ang isang matuwid na hukom sa imperyal na panahon ng Tsina.

gawain Niya sa lupa ay natatapos, sapagkat sa sandaling ang hakbang na ito ng gawain ay natapos na, wala nang magiging paraan upang isakatuparan ang gawain ng hinaharap sa katawang-tao, at ang Espiritu ng Diyos ay kakailanganin upang matapos ito. Sa gayon, sinasabi ng Diyos, “Kapag pormal Ko nang binuksan ang balumbon, iyon ang panahon kung kailan kakastiguhin ang mga tao sa buong sansinukob, kung kailan umaabot ang Aking gawain sa rurok nito, kapag isinailalim ang mga tao sa buong mundo sa mga pagsubok.” Ang panahon kung kailan tapos na ang gawain sa katawang-tao ay hindi kung kailan ang gawain ng Diyos ay umaabot sa rurok nito—ang rurok ng panahong ito ay tumutukoy lang sa gawain sa yugtong ito, at hindi ang rurok ng buong plano ng pamamahala. Kaya, hindi mataas ang hinihingi ng Diyos sa tao. Hinihingi lang Niya na kilalanin ng mga tao ang kanilang mga sarili, sa gayon ay nagsisilbi sa susunod na hakbang ng gawain, kung saan ang kalooban ng Diyos ay maaabot na. Habang nagbabago ang gawain ng Diyos, ang “yunit ng gawain” ng mga tao ay nagbabago rin. Ngayon ay ang yugto ng gawain ng Diyos sa lupa, kaya’t dapat silang gumawa sa pinakapayak na antas. Sa hinaharap, kakailanganing pangasiwaan ang bansa, kaya’t sila ay muling maaatasan sa “Central Committee.” Kung bibisita sila sa ibang bansa, kakailanganin nilang harapin ang mga proseso sa pagtungo sa ibayong-dagat. Sa mga panahong iyon na sila ay nasa ibayong-dagat, malayo sa kanilang sariling bayan—ngunit dahil pa rin ito sa mga hinihingi ng gawain ng Diyos. Gaya ng nasabi ng mga tao, “Itataya namin ang aming mga buhay para sa Diyos kung kinakailangan”—hindi ba ito ang landas na lalakaran sa hinaharap? Sino ang kahit kailan ay nasiyahan sa ganoong buhay? Maaaring maglakbay ang isang tao sa lahat ng lugar, bumisita sa ibayong-dagat, magbigay ng patnubay sa mga kanayunan, makihalubilo sa mga pangkaraniwang tao, at maaari rin silang magsalita tungkol sa mahahalagang usapin ng bansa kasama ang mga kasapi ng matataas na antas na mga organisasyon; at kung kinakailangan, maaari nilang personal na tikman ang buhay sa impiyerno, pagkatapos ay maaari silang bumalik at magagawa pa ring matamasa ang makalangit na mga pagpapala—hindi ba ang mga ito ang mga pagpapala ng tao? Sino ang kahit kailan ay naikumpara na sa Diyos? Sino ang nakapaglakbay na sa lahat ng bansa? Sa katunayan, makakaya ng mga tao na maunawaan ang kaunti sa ilang salita ng Diyos nang walang anumang mga panuro o mga paliwanag—sila nga lang ay walang tiwala sa kanilang mga sarili, na siyang nagpahaba na sa gawain ng Diyos hanggang sa ngayon. Dahil napakalaki ng kulang sa tao—gaya ng sinabi ng Diyos, “wala silang kahit ano”—ang gawain ng ngayon ay nagdudulot ng matitinding paghihirap sa kanila; bukod diyan, ang kanilang kahinaan ay, likas na, kumontrol sa bibig ng Diyos—at hindi ba ang mga bagay na ito ang mismong humahadlang sa gawain ng Diyos? Hindi mo pa rin ba nakikita ito? May natatagong kahulugan sa lahat ng sinasabi ng Diyos. Kapag nagsasalita ang Diyos, ginagamit Niya ang usapin sa kasalukuyan, at tulad ng pabula, lahat ng salitang binibigkas Niya ay nagtataglay ng malalim na mensahe. Ang mga simpleng salitang ito ay nagtataglay ng malalim na kahulugan, at sa gayon ay nagpapaliwanag ng

mahahalagang usapin—hindi ba pinakamahusay rito ang mga salita ng Diyos? Alam mo ba ito?

Kabanata 31

Laganap ang disposisyon ng Diyos sa lahat ng pagbigkas ng Diyos, ngunit ibinubunyag ng pangunahing hibla ng Kanyang mga salita ang paghihimagsik ng buong sangkatauhan at inilalantad ang mga bagay tulad ng kanilang pagsuway, katigasan ng ulo, kawalan ng katarungan, kasamaan, at kawalan ng kakayahang tunay na mahalín ang Diyos, kaya nakarating ang mga salita ng Diyos sa punto na sinasabi Niya na bawat butas sa katawan ng mga tao ay may paglaban sa Diyos, kaya kahit ang kanilang maliliit na ugat ay may pagsuway sa Diyos. Kung hindi susubukan ng mga tao na suriin ang mga bagay na ito, palagi silang mawawalan ng kakayahang malaman ang mga iyon, at hindi nila kailanman magagawang isantabi ang mga ito. Ibig sabihin, kakalat sa kanila ang mikrobyo ng paglaban sa Diyos at sa huli, na para bang nilamon na ng mga puting selula ng kanilang dugo ang mga pulang selula ng kanilang dugo, na iniwan ang kanilang buong katawan na wala nang mga pulang selula ng dugo; sa huli, mamamatay sila mula sa lukemya. Ito ang tunay na kalagayan ng tao, at walang sinumang magkapagkakaila nito. Naisilang sa lupain kung saan nakahimlay na nakapulupot ang malaking pulang dragon, may isang bagay man lamang sa kalooban ng bawat tao na naglalarawan at naghahalimbawa sa kamandag ng malaking pulang dragon. Sa gayon, sa yugtong ito ng gawain, ang pangunahing hibla sa buong salita ng Diyos ay ang pagkilala sa sarili, pagtangga sa sarili, pagtalikod sa sarili, at pagpatay sa sarili. Masasabi na ito ang pangunahing gawain ng Diyos sa mga huling araw, at na ang saklaw na ito ng gawain ang pinaka-komprehensibo at masusi sa lahat—nagpapakita ito na nagpaplano ang Diyos na wakasan na ang kapanahunan. Hindi ito inaasahan ninuman, ngunit kasabay nito, isang bagay ito na inasahan nila sa kanilang pakiramdam. Bagama't hindi tahasang sinabi ng Diyos, napakatalas ng pakiramdam ng mga tao—lagi nilang nadarama na maikli ang panahon. Masasabi Ko na habang mas nararamdaman ito ng isang tao, mas malinaw ang kanyang kaalaman tungkol sa kapanahunan. Hindi ito pagkakita na normal ang mundo at sa gayon ay pinabubulaanan ang mga salita ng Diyos; sa halip, ito ay pagkaalam sa nilalaman ng gawain ng Diyos sa pamamagitan ng kaparaanan ng paggawa ng Diyos. Tinutukoy ito sa pamamagitan ng tono ng mga salita ng Diyos. May lihim sa tono ng mga pagbigkas ng Diyos na hindi pa natuklasan ninuman, at ito rin mismo ang pinakamahirap pasukin ng mga tao. Ang pinakabuod na dahilan kaya hindi maunawaan ng mga tao ang mga salita ng Diyos ay na nananatili silang mangmang tungkol sa tonong ginagamit ng Diyos sa pagsasalita—kung maging dalubhasa sila sa lihim na ito, magkakaroon sila ng kaunting kaalaman tungkol sa mga salita ng Diyos. Ang mga salita ng Diyos ay palaging sumusunod sa isang prinsipyo: ang

maipalam sa mga tao na ang mga salita ng Diyos ang lahat-lahat, at nilulutas ang lahat ng paghihirap ng tao sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos. Mula sa pananaw ng Espiritu, pinalililaw ng Diyos ang Kanyang mga gawa; mula sa pananaw ng tao, inilalantad Niya ang mga kuru-kuro ng mga tao; mula sa pananaw ng Espiritu, sinasabi Niya na hindi iniintindi ng tao ang Kanyang kalooban; at mula sa pananaw ng tao, sinasabi Niya na natikman na Niya ang matamis, maasim, mapait, at maanghang na mga lasa ng karanasan ng tao, at dumarating Siya sa hangin at sumasama sa ulan, na naranasan na Niya ang pag-uusig ng pamilya, at naranasan na Niya ang mga tagumpay at kabiguan ng buhay. Ito ang mga salitang sinambit mula sa iba't ibang mga pananaw. Kapag nagsasalita Siya sa mga tao ng Diyos, para iyong isang kasambahay na pinagsasabihan ang mga alipin, o parang isang nakakatawang palabas; iniwan ng Kanyang mga salita na namumula ang mukha ng mga tao, na walang mapagtaguan sa kanilang kahihyan, na para bang naikulong sila ng mga pyudal na awtoridad ng isang nakalipas na rehimen upang mangumpisal sa ilalim ng matinding pagpapahirap. Kapag nangungusap Siya sa mga tao ng Diyos, walang pigil ang Diyos na katulad ng mga nagpoprotestang estudyante sa unibersidad na naglalantad ng mga iskandalo sa loob ng pamahalaang sentral. Kung nangungutya ang lahat ng salita ng Diyos, mas mahihirapan ang mga tao na tanggapin ang mga ito; sa gayon, prangkahan ang mga salitang sinasambit ng Diyos; hindi naglalaman ang mga ito ng mga kodigong lihim para sa tao, kundi tuwiran nitong itinuturo ang aktwal na kalagayan ng tao—nagpapakita ito na ang pagmamahal ng Diyos sa tao ay hindi lamang mga salita, kundi totoo. Bagama't pinahahalagahan ng mga tao ang pagiging totoo, walang totoo tungkol sa pagmamahal nila sa Diyos. Ito ang kulang sa tao. Kung hindi totoo ang pagmamahal ng mga tao sa Diyos, magiging hungkag at hindi makatotohanan ang kabuuan ng lahat, na para bang maglalaho ang lahat dahil dito. Kung lumalampas sa mga sansinukob ang kanilang pagmamahal sa Diyos, magiging totoo rin ang kanilang katayuan at identidad, at hindi hungkag, at kahit ang mga salitang ito ay magiging totoo at hindi hungkag—nakikita mo ba ito? Nakikita mo ba ang mga kinakailangan ng Diyos para sa tao? Hindi lamang dapat tamasahin ng tao ang mga pakinabang ng katayuan, kundi isabuhay ang realidad ng katayuan. Ito ang hinihingi ng Diyos sa mga tao ng Diyos at sa lahat ng tao, at hindi ito isang engrandeng hungkag na teorya.

Bakit sinasabi ng Diyos ang ganitong uri ng mga salita, “na para bang lahat ng Aking ginagawa ay isang pagtatangkang bigyan sila ng kasiyahan, na naging sanhi upang palagi silang mainis sa Aking mga gawa”? Nakapagsasalita ka ba tungkol sa totoong mga pagpapamalas ng pagkamuhi ng tao sa Diyos? Sa mga kuru-kuro ng mga tao, “marubdob ang pagmamahalan” ng tao at ng Diyos, at ngayon, nakarating na ang pananabik ng mga tao sa mga salita ng Diyos sa punto na sabik na sabik nilang hinahangad na lunukin ang Diyos sa isang lagok—subalit sinasabi ng Diyos ang sumusunod na uri ng mga salita: “Kinamumuhian Ako ng mga tao. Bakit nasuklian ng galit ng tao ang Aking pagmamahal?” Hindi ba ito isang naimbak na mineral sa kalooban

ng mga tao? Hindi ba ito ang dapat hukayin? Ito ang depekto sa hangarin ng mga tao; isang malaking isyu ito na dapat lutasin, at ito ang leon na nakaharang sa daan ng kaalaman ng tao tungkol sa Diyos at na kailangang iwaksi para sa tao—hindi ba ito ang dapat gawin? Dahil, gaya ng baboy, walang alaala ang tao at laging nagnanasa ng mga kasiyahan, ibinibigay ng Diyos sa tao ang gamot para sa amnesia—mas nagsasalita Siya, mas maraming sinasabi, at sinusunggaban Niya ang mga tao sa kanilang mga tainga at pinapakinig silang mabuti, at pinapasakan Niya sila ng mga hearing aid. Para sa ilan sa Kanyang mga salita, hindi malulutas ang problema sa minsang pagsasalita lamang; kailangan masabi ang mga ito nang paulit-ulit, sapagkat “palaging malilimutin ang mga tao sa buhay nila, at magulo ang mga panahon ng buhay ng buong sangkatauhan.” Sa ganitong paraan, maaaring mailigtas ang mga tao mula sa kalagayan kung saan “nagbabasa sila kapag may oras sila, nakikinig kapag libre sila, at iniwanan ang mga ito kapag wala silang oras; kung sinasambit ang mga salita ngayon, nakikinig sila, ngunit hindi nila inaalala ang mga ito, kung hindi sinasambit ang mga ito kinabukasan.” Pagdating sa likas na pagkatao ng mga tao, kung nagsalita ngayon ang Diyos tungkol sa kanilang tunay na kalagayan at nagkaroon sila ng lubos na kaalaman tungkol dito, mapupuno sila ng pagsisisi—ngunit pagkatapos, babalik sila sa dati nilang gawi, na itinatapon ang mga salita ng Diyos sa hangin at pinauulit-ulit ang tagpong nakalarawan sa itaas kapag napaalalahanan lamang. Sa gayon, kapag ikaw ay gumawa o nagsalita, huwag mong kalimutan ang diwang ito ng tao; isang pagkakamali ang isantabi ang diwang ito habang gumagawa. Sa paggawa ng lahat ng gawain, lalong mahalaga na lutasin ang mga kuru-kuro ng mga tao kapag ikaw ay nagsasalita. Dapat mong idagdag, lalo na, ang sarili mong mga kabatiran sa mga salita ng Diyos at ibahagi ang mga ito. Ito ang landas ng pagtustos sa mga tao at pagpapahintulot na makilala nila ang kanilang sarili. Sa pagtustos sa mga tao batay sa nilalaman ng mga salita ng Diyos, hindi-maiiwasang maging posible na maintindihan ang kanilang tunay na kalagayan. Sa mga salita ng Diyos, sapat nang maintindihan ang tunay na kalagayan ng tao at sa gayon ay matustusan sila—at dahil dito, wala na Akong sasabihin pa tungkol sa mga salita ng Diyos na nagtuturo na “tinanggap ng Diyos ang paanyayang umupo sa isang mesa ng piging sa lupa.”

Kabanata 32

Ang mga salita ng Diyos ay iniwan ang mga tao na nagkakamot ng kanilang ulo; para bang, kapag Siya ay nagsasalita, iniwasan ng Diyos ang tao at nagsasalita sa hangin, na para bang hindi man lamang Niya iniisip na higit na pansinin ang mga gawa ng tao at ganap na wala Siyang pakialam sa tayog ng tao, na para bang ang mga salitang Kanyang sinasambit ay hindi nakatuon sa mga kuru-kuro ng mga tao, kundi iniwasan ang tao alinsunod sa orihinal na layunin ng Diyos. Sa napakaraming

kadahilanan, hindi maintindihan at hindi tumatagos sa tao ang mga salita ng Diyos. Hindi ito nakakagulat. Ang orihinal na layon ng lahat ng salita ng Diyos ay hindi para magkamit ng kaalaman o matuto ng mga pinakamahusay na paraan ang mga tao mula sa mga ito; sa halip, isa ang mga iyon sa mga kaparaanang ginamit ng Diyos sa paggawa mula sa simula hanggang sa ngayon. Siyempre pa, nagtatamo nga ang mga tao ng mga bagay mula sa mga salita ng Diyos: mga bagay na nauugnay sa mga hiwaga, o mga bagay tungkol kina Pedro, Pablo, at Job—ngunit ito ang dapat nilang makamtan at kaya nilang makamtan, at, tulad ng naaakma sa kanilang tayog, narating na nila ang kaya nilang marating sa pagtatamo ng mga bagay na ito. Bakit hindi mataas ang epektong hinihingi ng Diyos na makamit, subalit napakarami na Niyang nasabing salita? May kaugnayan ito sa pagkastigo na Kanyang binabanggit, at natural, nakakamit ang lahat ng iyon nang hindi natatanto ng mga tao. Ngayon, mas matindi ang pagdurusang tinitiiis ng mga tao sa ilalim ng mga pag-atake ng mga salita ng Diyos. Sa tingin, tila wala pang sinuman sa kanila ang naiwasto, nagsimula nang lumaya ang mga tao sa paggawa ng kanilang gawain, at naibilang na ang mga tagasilbi sa mga tao ng Diyos—dito, ang tingin ng mga tao ay nakapasok na sila sa kasiyahan. Sa katunayan, ang realidad ay na, mula sa pagpipino, nakapasok na silang lahat sa mas mahigpit na pagkastigo. Tulad ng sinasabi ng Diyos, “Ang mga hakbang ng Aking gawain ay malapit na nakaugnay sa kasunod, na bawat isa ay mas mataas pa.” Iniahon na ng Diyos ang mga tagapagsilbi mula sa walang hanggang hukay at itinaon sila sa lawa ng apoy at asupre, kung saan mas matindi ang pagkastigo. Sa gayon, nagdurusa sila ng mas matindi pang hrap, na halos hindi nila matakasan. Hindi ba mas matindi ang gayong pagkastigo? Matapos makapasok sa isang mas mataas na dako, bakit nakadarama ng kalungkutan ang mga tao sa halip na ng anumang kaligayahan? Bakit sinasabi na, matapos mapalaya mula sa mga kamay ni Satanas, ibinigay sila sa malaking pulang dragon? Natatandaan mo ba nang sabihin ng Diyos na, “Ang huling bahagi ng gawain ay natapos sa tahanan ng malaking pulang dragon”? Naaalala mo ba nang sabihin ng Diyos na, “Ang huling hrap ay ang magpatotoo nang malakas at matunog para sa Diyos sa harap ng malaking pulang dragon”? Kung hindi ibinigay ang mga tao sa malaking pulang dragon, paano sila magpapatotoo sa harap nito? Sino na ang sumambit ng mga salitang tulad ng “Natalo ko na ang diyablo” pagkatapos nilang kitilin ang sarili nilang buhay? Nakikitang kaaway nila ang sarili nilang laman, at pagkatapos ay kinitil ang sarili nilang buhay—nasaan ang praktikal na kabuluhan nito? Bakit nagsalita nang gayon ang Diyos? “Hindi Ako tumitingin sa mga pilat ng mga tao, kundi sa bahagi nila na walang pilat, at mula rito ay nasisiyahan Ako.” Kung totoo na nais ng Diyos na maging Kanyang pagpapahayag yaong mga walang pilat, bakit Niya matiyaga at masigasig na sinambit ang napakaraming salita mula sa pananaw ng tao para gumanti laban sa mga kuru-kuro ng mga tao? Bakit Niya aabalahan ang Kanyang sarili para doon? Bakit Siya magpapakahirap na gawin ang gayong bagay? Sa gayon ay ipinapakita na may tunay na kabuluhan ang pagkakatawang-tao ng Diyos, na hindi Niya “babalewalain” ang katawang-tao matapos maging tao at tapusin ang

Kanyang gawain. Bakit sinasabi na “ang ginto ay hindi maaaring maging dalisay at ang tao ay hindi maaaring maging perpekto”? Paano maipaliliwanag ang mga salitang ito? Kapag binabanggit ng Diyos ang diwa ng tao, ano ang ibig sabihin ng Kanyang mga salita? Sa mga mata ng mga tao, mukhang walang anumang kakayahan ang katawang-tao, o kaya ay mukhang kulang na kulang ito. Sa mga mata ng Diyos, hindi man lamang ito mahalaga—subalit sa mga tao, isang isyu ito na may malaking kahalagahan. Para bang lubos silang walang kakayahang lutasin ito, para bang kailangang personal itong pamahalaan ng isang makalangit na katawan—hindi ba ito isang kuru-kuro ng tao? “Sa mga mata ng mga tao, isa lamang Akong ‘munting bituin’ na nakababa mula sa kalangitan, isang munting bituin sa langit, at ang Aking pagdating sa lupa ngayon ay atas ng Diyos. Dahil dito, nakabuo ang mga tao ng iba pang mga interpretasyon sa mga salitang ‘Ako’ at ‘Diyos.’” Yamang ang mga tao ay walang halaga, bakit inihahayag ng Diyos ang kanilang mga kuru-kuro mula sa iba’t ibang mga pananaw? Maaari din kayang ito ang karunungan ng Diyos? Hindi ba katawa-tawa ang gayong mga salita? Tulad ng sinasabi ng Diyos, “Bagama’t may puwang Akong naitakda sa puso ng mga tao, hindi nila hinihiling na manahan Ako roon. Sa halip, naghihintay sila na biglang dumating ang ‘Isang Banal’ sa kanilang puso. Dahil masyadong ‘aba’ ang Aking pagkakakilanlan, hindi Ako makakatugma sa mga hinihiling ng mga tao at sa gayon ay iwinawaksi nila Ako.” Dahil “napakataas” ng tantiya ng mga tao sa Diyos, maraming bagay ang “hindi matatamo” ng Diyos, na “nagpapahirap” sa Kanya. Hindi alam ng mga tao na ang hinihiling nilang makaya ng Diyos ay ang kanilang mga kuru-kuro. Hindi ba ito ang aktwal na kahulugan ng “Ang isang matalinong tao ay maaaring maging biktima ng sarili niyang katalinuhan”? Ito ay isang tunay na halimbawa ng “matalino sana, pero sa pagkakataong ito ay hangal”! Sa inyong pangangaral, hinihiling ninyo sa mga tao na alisin na ang Diyos ng kanilang mga kuru-kuro, ngunit nawala na ba ang Diyos ng inyong mga kuru-kuro? Paano maaaring bigyang-kahulugan ang mga salita ng Diyos na “ang mga hinihingi Ko sa tao ay hindi masasabing malaki”? Hindi ito para gawing negatibo at masama ang mga tao, kundi para bigyan sila ng dalisay na pagkaunawa sa mga salita ng Diyos—nauunawaan ba ninyo? Ang Diyos na nagkatawang-tao ba talaga ang “‘Ako’ na mataas at makapangyarihan” na inaakala ng mga tao?

Bagama’t may mga nakabasa na sa lahat ng salitang sinambit ng Diyos at maaaring magbigay ng pangkalahatang balangkas ng mga iyon, sino ang nakapagsasalita kung ano ang panghuling layon ng Diyos? Ito ang kulang sa sangkatauhan. Saanmang pananaw nagmumula ang pagsasalita ng Diyos, ang Kanyang pangkalahatang layon ay para ipakilala sa mga tao ang Diyos na nasa katawang-tao. Kung walang anumang pagkatao sa Kanya—kung lahat ng taglay Niya ay mga katangian ng Diyos sa langit—hindi na kailangang magsalita ng Diyos nang napakarami. Masasabi na ang kulang sa mga tao ay nagsisilbing orihinal na mga materyal na nakaugnay sa mga salita ng Diyos. Ibig sabihin, ang nakikita sa tao ay ang pinagmulan ng sinasabi ng Diyos tungkol sa mga kuru-kuro ng mga tao, at sa gayon, pinaglilingkuran ng mga tao ang mga

pagbigkas ng Diyos. Natural, batay ito sa sinasabi ng Diyos tungkol sa mga kuru-kuro ng mga tao—sa paraang ito lamang masasabi na ito ang kumbinasyon ng teorya at realidad; saka lamang mas epektibong magagawa ang mga tao na maging seryoso tungkol sa pagkilala sa kanilang sarili. Ano ang magiging punto kung ang Diyos sa katawang-tao ay kaayon ng mga kuru-kuro ng mga tao at ang Diyos ay nagpatotoo sa Kanya? Eksaktong dahil dito kaya ang Diyos ay gumagawa mula sa negatibong panig, ginagamit ang mga kuru-kuro ng mga tao upang itampok ang Kanyang dakilang kapangyarihan. Hindi ba ito ang karunungan ng Diyos? Lahat ng ginagawa ng Diyos sa bawat isa ay mabuti—kaya bakit hindi magbigay ng papuri sa panahong ito? Kung ang mga bagay-bagay ay nakaabot sa isang tiyak na punto, o dumating ang araw, ikaw ba, gaya ni Pedro, ay makabibigkas ng mga panalangin mula sa kaibuturan ng iyong sarili sa gitna ng mga pagsubok? Tulad ni Pedro, kung nagagawa mo pa ring purihin ang Diyos kapag nasa mga kamay ka ni Satanas, saka lamang magkakaroon ng tunay na kahulugan ang “mapalaya mula sa gapos ni Satanas, madaig ang laman, at madaig si Satanas.” Hindi ba ito isang mas tunay na patotoo para sa Diyos? Ito lamang ang epektong nakamit ng “pagka-Diyos na dumarating upang kumilos at ng pitong-ulit na pinatinding Espiritu na gumagawa sa tao,” kaya nga ito rin ang epektong nakamit ng “Espiritung lumalabas mula sa katawang-tao.” Hindi ba totoo ang gayong mga kilos? Dati-rati ay pinag-uukulan mo ng pansin ang realidad, ngunit mayroon ka bang tunay na kaalaman tungkol sa realidad ngayon? “Ang mga hinihingi Ko sa tao ay hindi masasabing malaki, subalit kabaligtaran ang pinaniniwalaan ng mga tao. Sa gayon, ang kanilang ‘pagpapakumbaba’ ay nahahayag sa kanilang bawat galaw. Palagi silang nananagot sa paglakad sa Aking harapan, na inaakay Ako sa daan, sa malaking takot na baka Ako maligaw, nahihintakutan na gumala Ako papasok sa sinaunang kagubatan sa loob ng kabundukan. Dahil dito, lagi na Akong inaakay ng mga tao mula noon, na takot na takot na makapasok Ako sa piitan.” Ano ang kaalaman ninyo tungkol sa simpleng mga salitang ito—talaga bang naiintindihan ninyo ang mga ugat ng mga salita ng Diyos sa mga ito? Napag-ukulan na ba ninyo ng pansin kung tungkol sa aling mga kuru-kuro ninyo nasambit ng Diyos ang gayong mga salita? Nag-uukol ba kayo ng pansin sa mahalagang puntong ito araw-araw? Sa isang pangungusap ng sumunod na bahagi, na sumusunod kaagad, sabi ng Diyos, “Subalit hindi alam ng mga tao ang Aking kalooban at patuloy na nagdarasal para sa mga bagay mula sa Akin, na para bang ang mga naipagkaloob Ko sa kanila ay walang kakayahang tugunan ang kanilang mga pangangailangan, na para bang nahihigitan ng kahilingan ang panustos.” Sa pangungusap na ito, makikita kung ano ang mga kuru-kurong nasa inyong kalooban. Hindi naaalala o sinusuri ng Diyos ang inyong ginawa sa nakaraang mga panahon, kaya huwag na ninyong isipin ang mga bagay ng nakaraan. Ang mas mahalaga ay kung nagagawa ninyong likhain “ang espiritu ni Pedro sa huling kapanahunan” sa landas tungo sa hinaharap—mayroon ba kayong pananampalataya para makamit ito? Ang hinihingi ng Diyos sa tao ay tularan lamang si Pedro, upang sa huli ay makagawa ng

landas ang mga tao para maghatid ng kahihiyan sa malaking pulang dragon. Dahil dito kaya sinasabi ng Diyos na, “Umaasa lamang Ako na magkaroon ng matibay na pagpapasya ang mga tao na makipagtulungan sa Akin. Hindi Ko hinihingi na ipagluto nila Ako ng masarap na pagkain, o ayusin nila ang isang lugar na angkop na mahimlayan ng Aking ulo...” Sa mundo, hinihilingan ang mga tao na dalhin ang “espíritu ni Lei Feng” hanggang sa 1990s, ngunit sa sambahayan ng Diyos, hinihingi ng Diyos na likhain ninyo ang “natatanging estilo ni Pedro.” Nauunawaan ba ninyo ang kalooban ng Diyos? Talaga bang nagagawa ninyong magsumikap para dito?

“Gumagalaw Ako sa ibabaw ng mga sansinukob, at habang naglalakad Ako ay pinagmamasdan Ko ang mga tao sa buong sansinukob. Sa maraming tao sa lupa, walang sinuman kailanman na angkop para sa Aking gawain o tunay na nagmamahal sa Akin. Sa gayon, sa sandaling ito ay naghihinagpis Ako sa pagkadismaya, at naghihiwa-hiwalay kaagad ang mga tao, upang hindi na muling magtipon, na takot na takot sa Aking ‘panghuhuli sa kanilang lahat sa isang lambat.’” Marahil, lubhang nahihirapan ang karamihan sa mga tao na maunawaan ang mga salitang ito. Itinatanong nila kung bakit walang gaanong hinihingi ang Diyos sa tao, subalit naghihinagpis sa pagkadismaya dahil walang sinumang akma para sa Kanyang gawain. Mayroon bang salungatan dito? Sa literal na pananalita, mayroon, ngunit sa realidad ay walang salungatan. Marahil ay maaalala mo pa nang sabihin ng Diyos, “Lahat ng Aking salita ay magkakaroon ng epektong nais Ko.” Kapag gumagawa ang Diyos sa katawang-tao, nakatuon ang mga tao sa Kanyang bawat kilos upang makita kung ano mismo ang Kanyang gagawin. Kapag isinasakatuparan ng Diyos ang Kanyang bagong gawain na nakatutok kay Satanas sa espirituwal na dako, nagkakaroon, sa madaling salita, ng lahat ng uri ng kuru-kuro sa mga tao sa lupa dahil sa Diyos na nasa katawang-tao. Kapag naghihinagpis ang Diyos sa pagkadismaya—ibig sabihin, kapag nagsasalita Siya tungkol sa lahat ng kuru-kuro ng tao, sinusubukan ng mga tao ang lahat para pakitunguhan ang mga iyon, at mayroon pang mga naniniwala na wala na silang pag-asa, sapagkat sinasabi ng Diyos na lahat ng may mga kuru-kuro tungkol sa Kanya ay Kanyang mga kaaway—kaya nga paanong hindi “maghihiwa-hiwalay” ang mga tao dahil dito? Lalo na ngayon, kapag nakarating ang pagkastigo, mas takot pa ang mga tao na paalisin sila ng Diyos. Naniniwala sila na matapos silang makastigo, ang Diyos ay “mahuhuli silang lahat sa isang lambat.” Subalit hindi gayon ang mga katunayan: Tulad ng sinasabi ng Diyos, “Hindi Ko nais ‘pigilan’ ang mga tao sa gitna ng Aking pagkastigo upang hindi sila makatakas kailanman. Dahil walang mga gawa ng tao ang Aking pamamahala, hindi posibleng matagumpay na matapos ang Aking gawain, na humahadlang sa Aking gawain na magpatuloy nang epektibo.” Ang kalooban ng Diyos ay hindi ang magwakas ang Kanyang gawain kapag napatay na ang lahat ng tao—ano ang magiging punto niyan? Sa paggawa sa mga tao at pagkastigo sa kanila, pinalililaw ng Diyos ang Kanyang mga gawa sa pamamagitan nila. Dahil hindi kailanman naintindihan ng mga tao na mayroon nang pagkastigo sa tono ng mga salita ng Diyos, hindi sila kailanman nagkaroon ng pagpasok sa kanilang

kamalayan. Hindi kayang ipahayag ng mga tao ang kanilang matatag na pasya, at sa gayon ay walang masabing anuman ang Diyos sa harap ni Satanas, at hinahadlangan nitong sumulong ang gawain ng Diyos. Sa gayon ay sinasabi ng Diyos, “Minsan ay inanyayahan Ko ang tao bilang panauhin sa Aking sambahayan, subalit nagparoo’t parito siya dahil sa Aking mga tawag—na para bang, sa halip na anyayahan siya bilang isang panauhin, nadala Ko siya sa dakong bitayan. Sa gayon, naiwang walang laman ang Aking sambahayan, sapagkat iniwasan Ako palagi ng tao, at lagi siyang naging maingat laban sa Akin. Iniwan Ako nitong walang paraan para isagawa ang bahagi ng Aking gawain.” Dahil sa mga pagkakamali ng tao sa kanyang gawain kaya malinaw na inihahayag ng Diyos ang Kanyang mga kinakailangan sa tao. At dahil bigo ang mga tao na isakatuparan ang hakbang na ito ng gawain kaya nagdaragdag ang Diyos ng iba pang mga pagbigkas—ito mismo ang “isa pang bahagi ng gawain sa tao” na binabanggit ng Diyos. Ngunit hindi Ako magsasalita nang malawig tungkol sa “panghuhuli sa kanilang lahat sa isang lambat” na sinasabi ng Diyos, dahil maliit ang kinalaman nito sa gawain ng kasalukuyan. Natural, sa “Mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob,” marami sa Kanyang mga salita ang tungkol sa tao—ngunit kailangang maunawaan ng mga tao ang kalooban ng Diyos; anuman ang Kanyang sabihin, palaging mabuti ang Kanyang mga layunin. Masasabi na dahil napakaraming kaparaanan sa pagsasalita ang Diyos, hindi siyento-por-siyentong nakatitiyak ang mga tao tungkol sa mga salita ng Diyos, at naniniwala sila na karamihan sa mga salita ng Diyos ay sinasambit dahil sa mga pangangailangan ng Kanyang gawain, at kakaunti ang nilalaman na totoo. Iniwan sila nitong nalilito at nabibigatan sa kanilang mga iniisip—sapagkat sa kanilang mga kuru-kuro, napakarunong ng Diyos, kaya Siya lubos na hindi nila kayang abutin, na para bang wala silang anumang nalalaman at wala silang kaalam-alam kung paano kainin ang mga salita ng Diyos. Ginagawa ng mga tao na mahirap unawain at masalimuot ang mga salita ng Diyos—tulad ng sinasabi ng Diyos na, “Laging ninanais ng mga tao na dagdagan ng pampalasa ang Aking mga pagbigkas.” Dahil napakakumplikado ng mga ideya ng mga ito, at “halos hindi makamit” ng Diyos, pinipigilan ng tao ang bahagi ng mga salita ng Diyos, iniwan Siyang walang mapagpilian kundi magsalita nang prangkahan. Dahil “napakataas” ng mga hinihingi ng mga tao, at dahil napakayaman ng kanilang imahinasyon—na para bang kaya nilang tumawid tungo sa espirituwal na dako upang mamasdan ang mga gawa ni Satanas—nabawasan nito ang mga salita ng Diyos, sapagkat habang mas maraming sinasabi ang Diyos, mas lumulungkot ang mukha ng mga tao. Bakit hindi na lamang sila sumunod, sa halip na pagbulay-bulayin ang kanilang katapusan? Nasaan ang pakinabang dito?

Kabanata 33

Sa katotohanan, batay sa ginawa ng Diyos sa mga tao, at ibinigay sa kanila, pati na rin sa pagmamay-ari ng mga tao, maaaring sabihin na hindi labis ang Kanyang mga hinihingi sa mga tao, na hindi Siya humihingi ng sobra sa kanila. Kung gayon, paano nila hindi masusubukang bigyang-kasiyahan ang Diyos? Nagbibigay ang Diyos ng isandaang porsyento sa tao, ngunit isang maliit na bahagi lamang ang hinihingi Niya sa mga tao—paghingi ba ito nang sobra? Gumagawa ba ang Diyos ng gulo mula sa wala? Kadalasan, hindi kilala ng mga tao ang kanilang mga sarili, hindi nila sinusuri ang kanilang mga sarili sa harap ng Diyos, at kaya madalas ay may mga pagkakataon na nasisilo sila—paano kaya ito maituturing na pakikipagtulungan sa Diyos? Kung mayroon mang panahon na hindi nagpataw ang Diyos ng mabigat na pasanin sa mga tao, guguhosila na parang putik, at hindi magkukusang maghanap ng mga magagawa. Ganyan ang mga tao—alinman sa pasibo o negatibo, kailanma’y walang kakayahan na aktibong makipagtulungan sa Diyos, palaging naghahanap ng negatibong dahilan upang magpatalo sa kanilang mga sarili. Tunay ka bang isang tao na gumagawa ng lahat hindi para sa iyong sarili, kundi upang bigyang-kasiyahan ang Diyos? Tunay ka bang isang tao na hindi umaasa sa mga emosyon, na walang sariling personal na kagustuhan at tumutupad sa mga pangangailangan ng gawain ng Diyos? “Bakit palaging sinusubukang makipagtawaran sa Akin ng mga tao? Punong tagapamahala ba Ako ng isang sentro ng kalakalan? Bakit Ko kaya isinasakatuparan nang buong puso ang hinihingi ng mga tao sa Akin, habang nauuwi lang sa wala ang hinihingi Ko mula sa tao?” Bakit hinihingi ng Diyos ang mga bagay na iyon nang ilang beses nang sunud-sunod? Bakit ganoon Siya dumadaing sa sama ng loob? Walang napala ang Diyos sa mga tao; ang lahat lamang ng nakikita Niya ay ang gawa na kanilang kinukuha at pinipili. Bakit sinasabi ng Diyos, “habang nauuwi lang sa wala ang hinihingi Ko mula sa tao”? Tanungin ang inyong mga sarili: Mula simula hanggang huli, sino ang makagagawa ng gawain na kanilang tungkuling isakatuparan, gumawa ng isang bagay na lubos na walang ibang pagpipilian? Sino ang hindi kumikilos nang ayon sa mga damdamin sa kanilang mga puso? Pinalalaya ng mga tao ang kanilang mga personalidad, hindi nagsisikap sa kanilang ginagawa, na parang nangingisda sa loob ng tatlong araw at pagkatapos ay iniwan ang kanilang mga lambat, at ginugugol ang susunod na dalawang araw nang walang ginagawa. Umiinit at lumalamig ang mga ito nang salitan: Kapag mainit ang mga ito, kaya ng mga ito na sunugin ang lahat ng bagay sa mundo, at kapag malamig ang mga ito, kaya ng mga ito na pagyeluhin ang lahat ng tubig sa daigdig. Hindi ito ang tungkulin ng tao, ngunit ito ang pinakaangkop na pagkakatulad sa kalagayan ng tao. Hindi ba ito totoo? Marahil mayroon Akong “mga kuru-kuro” tungkol sa mga tao, marahil ay pinagmumukha Ko silang masama—ngunit gayunman, “kasama ang katotohanan ay lalakaran mo ang buong mundo; nang walang katotohanan, wala kang mararating.” Kahit na isa itong talinghaga ng tao, sa tingin Ko ay nararapat itong gamitin dito. Hindi Ko

sinasadyang pahinain ang loob ng mga tao at hindi bigyan ng halaga ang kanilang mga ginagawa. Hayaan ninyong konsultahin Ko kayo ukol sa ilang tanong: Sino ang nakakikita sa gawain ng Diyos bilang isang gawain na kanilang sariling tungkulin? Sino ang makapagsasabi, “Hangga’t kaya kong bigyang-kasiyahan ang Diyos, ibibigay ko ang aking lahat”? Sino ang makapagsasabi, “Hindi alintana ang iba, gagawin ko ang lahat ng kinakailangan ng Diyos, at kahit pa gaano kahaba o kaikli ang gawain ng Diyos, tutuparin ko ang aking tungkulin; trabaho ng Diyos na tapusin ang Kanyang gawain, at hindi ito isang bagay na iniisip ko”? Sino ang may kakayahan sa ganoong kaalaman? Hindi mahalaga ang inyong palagay—marahil mayroon kang mas mataas na mga kabatiran, na Aking tinatanggap, inaamin Ko ang pagkatalo—ngunit dapat Kong sabihin sa inyo na ang nais ng Diyos ay isang tapat na puso na taos at marubdob, hindi ang puso ng isang lobo na walang utang na loob. Ano ang alam ninyo sa “pagtatawarang” ito? Mula simula hanggang huli, “nilalakbay na ninyo ang mundo.” Sa isang sandali kayo ay nasa lungsod ng “Kunming,” na may walang hanggang batis, at sa isang kisapmata ay nakarating kayo sa napakalamig at nababalot ng niyebeng “Polong Timog.” Sino ang hindi na kailanman nakabalik pa sa kanilang mga sarili? Isang espiritu na “Walang pahinga hanggang kamatayan” ang hinihingi ng Diyos; ang nais Niya ay ang espiritu ng mga tao na “hindi lilingon hanggang marating nila ang pader ng timog.” Natural na ang intensyon ng Diyos ay hindi para piliin ng mga tao ang maling daan, kundi ang taglayin ang ganoong espiritu. Kagaya ng sinasabi ng Diyos, “Kapag inihahambing Ko ang mga ‘regalo’ na ibinigay nila sa Aking mga bagay, agad na napapansin ng mga tao ang Aking kahalagahan, at saka lamang nila nakikita ang Aking pagiging di-masusukat.” Paano maipaliliwanag ang mga salitang ito? Marahil, binibigyan ka ng kaunting kaalaman ng pagbabasa ng mga unang nabanggit na salita, dahil tinatanggal ng Diyos ang buong puso ng tao para mahimay ito, at sa panahong iyon ay nalalaman ng mga tao ang mga salitang ito. Ngunit dahil sa malalim na napapaloob na kahulugan ng mga salita ng Diyos, nananatiling hindi nalilinawan ang mga tao tungkol sa lumang katawan, dahil hindi sila nag-aral sa isang medikal na unibersidad, at hindi rin sila mga arkeologo, at kaya nararamdaman nila na hindi kayang unawain ang bagong terminong ito—at doon lamang sila nagpapadaig nang bahagya. Dahil ang mga tao ay walang kapangyarihan sa harap ng lumang katawan; kahit na hindi ito tulad ng isang mabangis na halimaw, ni hindi nito kayang lipulin ang sangkatauhan gaya ng isang bombang atomiko, hindi nila alam kung ano ang gagawin dito, na para bang wala silang kapangyarihan. Ngunit para sa Akin, mayroong mga paraan ng pagharap sa lumang katawan. Ang hindi kailanman paggawa ng pagsisikap ng tao na mag-isip ng isang pangontra ay nagbigay-daan sa patuloy na pagpapakita sa Aking mga mata ng iba’t ibang uri ng kakaibang katangian ng tao; kagaya ng sinabi ng Diyos: “Kapag ipinapakita Ko sa kanila ang Aking kabuuan, tinitingnan nila Ako nang may nanlalaking mga mata, nakatayo sa harapan Ko nang hindi gumagalaw, kagaya ng isang haliging asin. At kapag pinagmamasdan Ko ang kanilang pagiging kakaiba, nahihirapan Akong pigilan ang Aking sarili sa pagtawa. Dahil

nakikipag-ugnayan sila upang humingi ng mga bagay mula sa Akin, ibinibigay Ko sa kanila ang mga bagay na nasa Aking kamay, at hinahawakan nila ito sa kanilang dibdib, itinatangi ang mga ito kagaya ng isang bagong silang na sanggol, isang gawi na ginagawa lamang nila nang sandali.” Hindi ba ito mga gawain ng lumang katawan? Ngayong mayroon nang pagkaunawa ang mga tao, bakit hindi sila tumatalikod, at bagkus ay nagpapatuloy pa rin? Sa katunayan, ang isang bahagi ng mga hinihingi ng Diyos ay hindi imposibleng maabot ng tao, ngunit hindi ito sinusunod ng mga tao, dahil “hindi magaan ang pagkastigo Ko sa mga tao. Sa kadahilanang ito kaya palaging nabibigyan ang mga tao ng kalayaan na pamahalaan ang kanilang katawan. Hindi nila sinusunod ang Aking kalooban, kundi lagi Akong nililinlang sa harap ng Aking hukuman.” Hindi ba ito ang tayog ng tao? Hindi sa sinasadya ng Diyos na maghanap ng mali, ngunit isa itong realidad—dapat bang ipaliwanag ito ng Diyos? Kagaya ng sinasabi ng Diyos, “Ito ay dahil ang ‘pananampalataya’ ng mga tao ay labis na dakila kung kaya’t sila ay ‘kahanga-hanga.’” Sa kadahilanang ito, sinusunod Ko ang mga pagsasaayos ng Diyos, at kaya hindi Ako masyadong nagsasalita ng patungkol dito; dahil sa “pananampalataya” ng mga tao, sinusunggaban Ko ito, ginagamit ang kanilang pananampalataya upang tulutan sila na isagawa ang kanilang tungkulin nang hindi Ko na pinaaalalahanan. Mali bang gawin ito? Hindi ba ito mismo ang kailangan ng Diyos? Marahil, sa sandaling marinig ang ganoong mga salita, maaaring makaramdam ng pagkasuya ang ilang tao—kaya magsasalita Ako tungkol sa ibang bagay, upang pagbigyan sila nang kaunti. Kapag sumasailalim sa pagkastigo ang lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos sa buong sansinukob, at kapag naituwid ang kalagayan sa kaibuturan ng tao, palihim na magbubunyi ang mga tao sa kanilang mga puso, na para bang nakatakas sila sa malaking paghihirap. Sa sandaling ito, hindi na mamimili ang mga tao para sa kanilang mga sarili, dahil ito mismo ang epekto na natamo sa panahon ng huling gawain ng Diyos. Sa pagpapatuloy ng Kanyang mga hakbang hanggang sa ngayon, sumailalim lahat ang mga anak ng Diyos at ang mga tao sa pagkastigo, at hindi rin makaliligtas ang mga Israelita sa yugtong ito, dahil nabahiran ang kalooban ng mga tao ng karumihan, at kaya inaakay ng Diyos ang lahat ng tao na pumasok sa napakalaking tunawang hurno para madalisay, na kinakailangan na daanan. Sa sandaling matapos na ito, muling mabubuhay mula sa kamatayan ang mga tao, na siyang mismong naunang sinabi ng Diyos sa “mga pagbigkas ng pitong Espiritu.” Hindi na Ako magsasalita pa ng tungkol dito, upang hindi na galitin ang mga tao. Dahil ang gawain ng Diyos ay nakamamangha, dapat sa wakas ay matamo ang mga propesiya na winika ng bibig ng Diyos; kapag hinihiling ng Diyos na muling magsalita ang mga tao ukol sa kanilang mga kuru-kuro, labis silang namamangha, at kaya walang sinuman ang dapat na mag-alala o mabalisa. Kagaya ng sinabi Ko, “Sa lahat ng Aking gawain, kailanman ba’y mayroong isang hakbang na isinagawa ng mga kamay ng tao?” Nauunawaan mo ba ang diwa ng mga salitang ito?

Kabanata 35

Sa kasalukuyan, lahat ng tao, sa magkakaibang mga antas, ay nakastigo na. Gaya ng sinabi ng Diyos, “Sumusulong Ako kaagapay ng mga tao.” Ito ay ganap na totoo, ngunit hindi pa rin lubusang maunawaan ng mga tao ang puntong ito. Bunga nito, bahagi ng gawaing nagawa nila ay hindi kinakailangan. Sinabi ng Diyos, “sinusuportahan at tinutustusan Ko sila ayon sa kanilang tayog. Dahil ang mga tao ang pangunahing tauhan ng Aking buong plano ng pamamahala, iniuukol Ko ang higit na paggabay sa mga gumaganap ng papel na ‘tao’ upang magampanan nila ito nang buong-puso at sa pinakamahusay nilang kakayahan,” gayundin, “Gayunpaman, ayaw Kong pulaan ang kanilang mga konsensya nang tuwiran; sa halip, patuloy Ko silang ginagabayan nang matiyaga at sistematiko. Sa kabila ng lahat, ang mga tao ay mahina, at hindi kayang magsakatuparan ng anumang gawain.” Ito ang pag-iisip ng Diyos: Kung lilipulin man Niya ang lahat ng taong ito sa huli, ang Kanyang gawain sa lupa ay magpapatuloy pa rin ayon sa Kanyang orihinal na plano. Ang Diyos ay hindi gumagawa ng walang kabuluhang gawain; lahat ng ginagawa ng Diyos ay mabuti. Gaya ng sinabi ni Pedro, “Kung pinaglalaruan man ng Diyos ang mga tao na para bang sila ay mga laruan, ano ang karaingang maaaring magkaroon ang mga tao? Ano ang karapatan nila?” Sa kasalukuyan, hindi ba ito ang isinasakatuparan ng Diyos sa sangkatauhan? Talaga bang maaaring magkaroon ng ganitong pananaw ang mga tao? Bakit nasabi ang gayong bagay ni Pedro, na nabuhay dalawang libong taon na ang nakararaan, samantalang ang “mga Pedro” sa kasalukuyan, na nabubuhay sa makabagong kapanahunan na mayroong mataas na teknolohiya, ay hindi ito masabi? Hindi Ko kayang sabihin nang tiyak kung ang kasaysayan ay sumusulong o umuurong, at wala pang makakasagot sa tanong na pasulong ba o paurong ang siyensiya. Lahat ng ginawa ng Diyos sa sangkatauhan ay para gawin silang positibo at tulutan silang lumago sa buhay. Hindi ba ito kayang maunawaan ng mga tao? Lahat ng nagsasanhi sa iyo na maging negatibo ay isang kahinaan mo, isang mahalagang puntong madaling masugatan na sasalakayin ni Satanas. Malinaw mo ba itong nakikita? Bakit nagsasalita ang Diyos sa ganitong paraan? “Marubdob at taimtim Akong nagmamakaawa sa sangkatauhan. Tunay bang hindi nila kayang gawin ang Aking hinihingi?” Ano ang kahulugan ng mga salitang ito? Bakit ito itinanong ng Diyos? Ipinapakita nito na mayroong napakaraming negatibong aspeto ang sangkatauhan, at sapat na ang isang negatibong salik upang magsanhi sa mga tao na matisod. Makabubuting iyong tingnan at makita kung ano ang maidudulot ng patuloy na pagiging negatibo. Lahat ng ginagawa ng Diyos ay ginagawa Niya para perpektuhin ang sangkatauhan. Kailangan pa ba ng mga salitang ito ng higit pang paliwanag? Hindi—sa nakikita Ko, hindi na kailangan! Maaaring sabihin na ang mga tao ay sinapihan na ni Satanas, ngunit mas mabuting sabihin na ang mga tao ay sinapihan ng pagkanegatibo. Ito ay isang pagpapamalas ng sangkatauhan, isang karagdagan sa katawan ng tao. Kaya nang hindi namamalayan ay nauuwi ang lahat ng tao sa pagiging

negatibo, at pagkatapos ay sa pagkastigo. Ito ay isang bitag na inihanda ng Diyos para sa sangkatauhan, at sa panahong ito pinakanagdurusa ang mga tao. Dahil ang mga tao ay nananatiling negatibo, mahirap para sa kanila na takasan ang pagkastigo. Hindi ba ganito talaga ang mga bagay-bagay sa ngayon? Ngunit paano mababalewala ng mga tao ang mga salita ng Diyos: “Sa kasalukuyan, si Satanas ay sukdulan ang paglaganap. Bakit hindi Ko sinasamantala ang pagkakataong ito upang ipakita ang tuon ng Aking gawain at ibunyag ang Aking kapangyarihan?” Sa sandaling Ako ay magsalita upang paalalahanan sila, ang mga tao mula sa mga iglesia ay agad na kinakastigo. Ito ay dahil pagkatapos ng dalawang buwang gawain ng Diyos, ang kalooban ng mga tao ay kailangan pa ring magbago nang husto. Sinusuri lamang nila ang mga salita ng Diyos gamit ang kanilang mga isipan, gayunpaman, ang kanilang kalagayan ay hindi man lamang talaga nagbago. Nananatili pa rin silang negatibo. Dahil ganito ang sitwasyon, kapag binabanggit ng Diyos na malapit na ang panahon ng pagkastigo, ang mga tao ay agad na nababalisa, iniisip: “Hindi ko alam kung ako ay paunang itinalaga ng Diyos o hindi, ni hindi ko rin alam kung kaya kong maging matatag sa ilalim ng pagkastigong ito. Mas mahirap pa na malaman kung anu-ano ang mga pamamaraan na gagamitin ng Diyos upang kastiguhin ang mga tao.” Ang lahat ng mga tao ay natatakot sa pagkastigo, gayunman ay hindi nila kayang magbago. Sila ay nagdurusa lamang sa katahimikan, ngunit natatakot din na hindi nila makakayang maging matatag. Sa ganitong mga pagkakataon, kung walang pagkastigong nakaabang sa kanila at pagpapahirap ng mga salita, ang mga tao ay walang malay na nauuwi sa pagkastigo. Kaya silang lahat ay ninenerbiyos at hindi mapanatag. Ito ay tinatawag na “pag-ani ng kanilang itinanim,” dahil hindi man lamang nauunawaan ng mga tao ang gawain ng Diyos. Sa totoo lang, ang Diyos ay walang pagnanais na magsayang ng anupamang dagdag na mga salita sa mga taong ito; tila ang Diyos ay gumamit ng ibang paraan ng pakikitungo sa kanila, isang paraan na hindi tunay na pagkastigo. Ito ay gaya ng kapag ang isang tao ay nakakahuli ng isang sisiw at dinadampot ito upang makita kung ito ay inahing manok o tandang; maaaring ito ay tila hindi isang malaking bagay, ngunit gayunpaman, ang maliit na sisiw ay masyadong matatakot kaya magpupumiglas ito upang makawala, na para bang takot na takot na kakatayin ito ng may-ari at kakainin ito. Ito ay dahil walang pagkakilala ang sisiw sa sarili nito. Bakit kakatayin at kakainin ng isang tao ang isang sisiw na tumitimbang lamang ng ilang onsa? Hindi ba magiging walang-kabuluhan iyan? Ito mismo ang sinabi ng Diyos: “Kung gayon, bakit patuloy Akong iniwasan ng mga tao? Ito ba ay dahil sa ituturing Ko sila na gaya ng mga sisiw, na papatayin sa sandaling sila ay mahuli?” Samakatuwid, ang pagdurusa ng tao ay lubos na “hindi makasariling” debosyon, at maaaring tawaging isang walang silbing halaga para bayaran. Ito ay dahil hindi kilala ng mga tao ang kanilang mga sarili na nakadarama sila ng takot; bilang resulta, hindi nila mailagay sa panganib ang kanilang buhay. Ito ang kahinaan ng sangkatauhan. Ang mga salita bang sinabi ng Diyos, “Sa katapusan, hayaan ang mga tao na kilalanin ang kanilang mga sarili. Ito ang Aking huling layunin,” ay lipas na sa

panahon? Sino ang talagang nakakakilala sa kanilang mga sarili? Kung hindi kilala ng tao ang kanyang sarili, kung gayon ano ang nagbibigay sa kanila ng karapatan upang makastigo? Tingnan ang mga cordero bilang halimbawa. Paano makakatay ang mga ito kung hindi pa lumalaki ang mga ito gaya ng isang tupa? Paano matatamasa ng mga tao ang isang puno na hindi pa namumunga? Bawat isa ay nagbibigay ng sobrang pagpapahalaga sa “pagbabakuna.” Kaya ang lahat ng mga tao ay ginagawa ang pag-aayuno, at sila ay nagugutom. Ito ay isang halimbawa ng pag-ani ng kung ano ang kanilang itanim, ng paggawa ng kapinsalaan sa kanilang mga sarili, at hindi ito ang pagiging malupit o hindi makatao ng Diyos. Kung isang araw ay biglang makilala ng mga tao ang kanilang mga sarili at manginig sa takot sa harap ng Diyos, kung gayon ay sisimulan ng Diyos na kastiguhin sila. Sa ganitong paraan lamang magiging handa ang mga tao na yakapin ang paghihirap, masunurin sa puso at pananalita. Ngunit paano naman sa ngayon? Ang lahat ng tao ay kinakastigo nang laban sa kanilang kalooban, gaya ng mga bata na pinapagluto ng kakainin. Kung ganito ay paanong hindi sila makakaramdam ng pagkaasiwa? Bawat isa ay nag-iisip, “O siya! Hangga’t ako ay kinakastigo, mabuti pang yumuko ako at umamin! Ano ang magagawa ko? Kahit na ako ay umiiyak, kailangan ko pa ring bigyang-kasiyahan ang Diyos, kaya ano ang magagawa ko? Sa hirap o ginhawa, ito na ang landas na kinaroroonan ko. O siya! Ituturing ko na lamang ang aking sarili na malas!” Hindi ba’t ganito kung mag-isip ang mga tao?

Gaya ng sinabi ng Diyos, “Ang sangkatauhan ay mabuti ang asal; walang sinumang nangangahas na salungatin Ako. Ang lahat ay nasa ilalim ng Aking paggabay, isinasakatuparan ang ‘trabahong’ Aking iniatas.” Kitang-kita rito na wala ni isa mang tao ang tumatanggap ng pagkastigo nang maluwag sa loob, at higit pa rito, na nagmumula sa Diyos ang pagkastigong ito, dahil lahat ng mga tao ay nagnanais na mamuhay sa kaginhawahan sa halip na sa kaguluhan at kawalang-kaayusan. Sinabi ng Diyos, “Sino ang hindi takot sa kamatayan? Magagawa ba talaga ng mga tao na ilagay ang kanilang mga sariling buhay sa bingit ng kamatayan?” Ito ay lubos na tama; bawat isa ay takot na mamatay, maliban na lang, siyempre, kapag sila ay nilamon ng galit o kawalang-pag-asa. Ito ay ang diwa ng sangkatauhan, at napakahirap nitong lutasin. Sa kasalukuyan, ang Diyos ay naparito para lamang lutasin ang mabigat na suliraning ito. Ang lahat ng mga tao ay walang-kapangyarihan, kaya ang Diyos ay partikular na nagtayo para sa kanila ng isang ospital ng mga espesyalista upang mapagaling sila mula sa ganitong uri ng sakit. Hindi maiaalis ng mga tao ang kanilang mga sarili mula sa mga patibong ng karamdamang ito, na siyang dahilan kung bakit silang lahat ay balisang-balisa na namamaga ang kanilang mga bibig, at ang kanilang mga tiyan ay lumalaki. Sa pagdaan ng panahon, ang sukat ng hanging nasa tiyan nila ay lumalaki, na nagreresulta sa pagtaas ng presyon, at sa huli, sumasabog ang kanilang mga tiyan at namamatay silang lahat. Kaya nga nilunasan ng Diyos ang malalang karamdamang ito ng mga tao, dahil ang lahat ay maaaring mamatay rito. Hindi ba ito ang lunas sa kalagayan ng mga tao? Ang Diyos ay kusang dumating upang gawin ang gawaing ito. Dahil ang mga tao ay

takot na takot sa kamatayan, Ang Diyos Mismo ay dumating upang isakatuparan ang gawaing ito kasama ng mga tao; dahil napakahina ng kanilang loob, ipinakita muna Niya ito para mapanood nila. Nagiging handa lamang sumunod ang tao matapos makita kung paano ito ginawa ng Diyos. Sa kadahilanang ito, sinabi ng Diyos, “Dahil walang sinumang makakapagsakatuparan ng Aking gawain, sumabak Ako sa labanan nang personal upang makibahagi sa isang pakikipagtunggali ng buhay at kamatayan laban kay Satanas.” Ito ay isang labanang magpapasya, kaya alinman sa mamatay ang isda o masira ang lambat. Ito ay tiyak. Dahil ang espiritu ay magtatagumpay sa katapusan, ang laman ay hindi maaaring hindi mamatay. Nauunawaan ba ninyo ang mga ibig sabihin nito? Gayunpaman, huwag maging masyadong maramdamin. Marahil ay simple ang pangungusap sa itaas, o marahil ito ay masalimuot. Kung anuman, hindi pa rin ito maarok ng mga tao—tiyak iyan. Maaaring matanggap ng mga tao ang pagpipino ng salita ng Diyos sa kanilang pagdurusa, na maaaring tawagin ng isang tao na mabuting kapalaran niya, o maaaring tawagin ng isa pa na kasawiang-palad niya. Gayunman, nais Ko pa ring ipaalala na ang layunin ng Diyos ay tama, pagkatapos ng lahat—hindi tulad ng mga layunin ng mga tao, na palaging tungkol sa mga pagpaplano at mga pagsasaayos para sa kanilang mga sariling kapakanan. Dapat na maging malinaw ito; huwag mahulog sa walang-katapusang pagbubulay. Hindi ba ito ang mismong kahinaan ng mga tao? Silang lahat ay tulad nito; sa halip na magkaroon ng malaking pagmamahal sa Diyos, mayroon silang malaking pagmamahal para sa kanilang mga sarili. Siya ay isang Diyos na naninibugho sa mga tao, kaya lagi Siyang may hinihingi sa kanila. Kapag mas minamahal ng mga tao ang kanilang mga sarili, mas hinihingi ng Diyos sa kanila na mahalin Siya, at nagiging mas mahigpit ang Kanyang mga hinihingi sa kanila. Para bang sadyang binibiro ng Diyos ang mga tao. Kung tunay Siyang minamahal ng mga tao, tila hindi Niya ito kinikilala. Dahil dito, ang mga tao ay nagkakamot ng kanilang mga ulo at napapaisip nang malalim. Ito ay isang salaysay tungkol sa disposisyon ng Diyos, isang maikling pagbanggit lamang ng isa o dalawang bagay. Ito ang kalooban ng Diyos. Ito ang hinihingi ng Diyos na malaman ng mga tao; ito ay kinakailangan. Ito ay isang bagong gawain, at kailangang gawin ito nang masigasig ng mga tao upang makapasok at magkaroon ng bagong pag-unlad. Nauunawaan mo ba ito? Kailangan mo bang magsalita pa Ako ng iba pa tungkol sa paksa?

Sa mga nagdaang kapanahunan, sinabi ng Diyos, “wala Akong hinirang ni isa mang tao; ang lahat ay tinanggihan ng Aking tahimik na liham. Ito ay dahil ang mga tao noon ay hindi eksklusibong naglingkod sa Akin, kaya bilang ganti ay hindi Ko rin sila minahal nang bukod-tangi. Kinuha nila ang mga ‘regalo’ ni Satanas at pagkatapos ay tumalikod at inialay ang mga iyon sa Akin. Hindi ba ito mapanirang-puri laban sa Akin?” Paano maipaliliwanag ang mga salitang ito? Gaya ito ng sinabi ng Diyos: “Lahat ng kaloob ay nagmula kay Satanas.” Ang mga nakaraang salinlahi ng mga apostoles at mga propeta ay lubos na nakaasa sa kanilang mga kaloob habang gumagawa ng kanilang gawain, at sa paglipas ng mga kapanahunan, ginamit ng Diyos ang kanilang mga kaloob upang

isagawa ang Kanyang gawain. Ito ang dahilan kung bakit sinabi na ang paglilingkod ng lahat ng taong may mga kaloob ay nagmumula kay Satanas. Gayunpaman, dahil sa karunungan ng Diyos, “ginagamit Ko ang panlilinlang ni Satanas bilang Aking panghambing.” Kaya tinawag ng Diyos ang paglilingkod ng mga tao na may mga kaloob bilang “mga regalo mula kay Satanas,” at dahil ang mga iyon ay kay Satanas kaya tinatawag ng Diyos ang mga pagkilos na ito na “paninirang puri.” Hindi ito isang paratang laban sa mga tao na walang basehan; kasalungat nito, ito ay matibay at akmang pagpapaliwanag. Kaya, “hindi Ko ibinunyag ang Aking pagkasuklam; sa halip, sinubukan Kong gamitin ang kanilang pakana sa kanila sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga ‘regalo’ na ito sa mga materyales na ginagamit sa Aking pamamahala. Kalaunan, sa sandaling naproseso ang mga iyon ng makina, Aking susunugin ang lahat ng lalabas na basura.” Ito ang napakakahanga-hanga tungkol sa gawain ng Diyos. Ang puntong ito ang pinakahindi nakaayon sa mga kuru-kuro ng mga tao, dahil walang sinumang mag-iisip na ang mga namumuno bilang mga hari ay hindi mga taong may mga kaloob, o na sila ang mga taong walang-kaloob na minamahal ng Diyos. Gaya ng nakikita, ang mga ideya o mga inaasahan nina Witness Lee at Watchmen Nee ay naging abo lahat, at totoo rin ito sa may-kaloob na mga tao sa kasalukuyan. Ngayong sinimulan na ng Diyos ang gawaing ito, at unti-unti Niyang binabawi ang lahat ng gawain ng Banal na Espiritu sa mga tao na nagsisilbi bilang mapaghahambingan sa Kanyang gawain. Kapag ang gawain ng Diyos ay ganap nang natapos, ang lahat ng mga taong ito ay magbabalik sa kanilang orihinal na lugar. Gayunpaman, Aking inuudyukan ang mga tao na huwag kumilos nang walang-ingat dahil sa Aking mga salita. Dapat kayong sumunod sa natural na daloy ng mga bagay-bagay alinsunod sa mga hakbang ng gawain ng Diyos upang hindi ito magambala. Nauunawaan ba ninyo ang puntong ito? Dahil ito ang mga hakbang at paraan ng gawain ng Diyos. Kapag “pinoproseso” ng Diyos ang “mga regalo” na ito para maging “mga produktong natapos,” ang lahat ng Kanyang mga layunin ay makikita nang husto, at ang mga regalo na nagbigay-serbisyo sa Kanya ay aalising lahat; gayunpaman, ang Diyos ay magkakaroon ng mga produktong natapos upang tamasahin. Nauunawaan ba ninyo ito? Ang nais ng Diyos ay mga produktong natapos, hindi ang napakaraming mga regalo na inihahandog ng mga tao sa Kanya. Tanging kapag ang bawat isa ay nakakuha ng angkop na lugar, ibig sabihin ay kapag ang Diyos ay nakabalik na sa Kanyang orihinal na posisyon at ang diyablo ay nakaupo na rin sa sariling upuan nito, gayundin ang mga anghel, walang hindi kasali—saka lamang makikita ang isang nasisiyahang ngiti sa mukha ng Diyos, sapagkat ang Kanyang mga layunin ay nabigyang-kasiyahan na, ang Kanyang mithiin ay nakamit na. Ang Diyos ay hindi na muling maghahangad ng “tulong” mula sa “diyablo,” dahil ang mga hangarin ng Diyos ay bukas nang maibubunyag sa mga tao, at hindi na kailanman ipagagawa sa mga tao na ipaalam ang mga iyon. Sa panahong ito, ang mga katawang laman ng mga tao ay magiging kaisa ng kanilang mga espiritu. Ito ang ibinubunyag ng Diyos sa mga tao; ito ang huling hantungan ng espiritu, kaluluwa, at katawan. Ito ang pagbubuod ng

orihinal na kahulugan ng “sangkatauhan.” Hindi na ito kailangang saliksikin nang detalyado; sapat nang malaman ang isa o dalawang bagay tungkol dito. Nauunawaan ba ninyo?

Kabanata 36

Sinasabi na nagsimula na ngayong kastiguhin ng Diyos ang tao, ngunit walang sinumang makakapagsabi nang tiyak, walang sinumang makakapagbigay ng maliwanag na tugon kung ang orihinal na layunin ng pagkastigong ito ay sumapit na sa tao. Sinasabi ng Diyos, “Kailanman ay hindi nakatuklas ang tao ng anuman sa Aking pagkastigo, sapagkat wala siyang ginagawa kundi ang hawakan ang pamatok sa kanyang leeg gamit ang dalawang kamay, ang mga mata’y nakatitig sa Akin, na para bang nakabantay sa isang kaaway—at sa sandaling ito Ko lamang napansin kung gaano siya kapayat. Dahil dito kaya Aking sinasabi na walang sinuman ang matatag na nakatayo sa gitna ng mga pagsubok.” Sinasabi ng Diyos sa tao ang tungkol sa mga katunayan ng pagkastigo na hindi pa sumasapit sa kanya, at ginagawa ito ng Diyos nang napakadetalyado, nang walang anumang nakakaligtaan. Para bang nakapasok na ang mga tao sa pagkastigo at tunay na hindi makayang tumayo nang matatag. Nagbibigay ang Diyos ng isang malinaw at parang-buhay na paglalarawan ng pangit na mga katangian ng tao. Ito ang dahilan kung bakit nakakaramdam ang mga tao na napupuwera sila: Yamang sinasabi ng Diyos na ang tao ay hindi kailanman nakatayo nang matatag sa gitna ng mga pagsubok, paanong Ako ang makakabasag sa pandaigdigang rekord, para matanggap sa kabila ng kalakaran? Sa sandaling ito, sila ay nagsisimulang magbulay. Sa realidad, gaya lamang ito ng sinasabi ng Diyos: “Nadala Ko ba sila sa dulo ng daan?” Tunay nga na dinala ng Diyos ang lahat ng tao sa dulo ng daan, kaya sa kanilang kamalayan, palaging naniniwala ang tao na malupit ang Diyos at di-makatao. Nabingwit ng Diyos ang lahat ng tao mula sa dagat ng makamundong pasakit, pagkatapos nito, “upang hadlangan ang anumang mga aksidente, pinatay Ko ang lahat ng ‘isda’ na nahuli, matapos nito ay naging masunurin ang mga isda, at hindi nagkaroon ng kahit katiting na pagdaing.” Hindi ba ito katunayan? Hinila ng Diyos ang lahat ng tao mula sa mapait na dagat ng kamatayan tungo sa isa pang kailaliman ng kamatayan, kinaladkad Niya silang lahat tungo sa “bitayan,” pinuwera Niya sila tungo sa dulo ng daan—bakit hindi Niya ginagawa ito sa ibang mga anak at tao ng Diyos? Ano ang Kanyang layunin sa pagsasakatuparan ng ganoong gawain sa bansa ng malaking pulang dragon? Bakit masyadong “malisyoso” ang kamay ng Diyos? Hindi kataka-taka “kapag kailangan Ko ang tao, siya ay laging nakatago. Para bang hindi pa siya kailanman nakakita ng nakakamanghang mga tagpo, na para bang siya ay ipinanganak sa probinsiya at walang alam sa mga usapin sa lungsod.” Sa katunayan, sa loob nila mismo itinatanong ng mga tao: “Ano ang plano ng Diyos sa paggawa nito? Hindi ba Niya tayo inilalagay

sa kamatayan? At ano ang punto? Bakit ang mga hakbang ng Kanyang gawain ay dumarating na mabigat at mabilis, at bakit hindi Siya maluwag nang kahit katiting sa atin?” Gayunman hindi nangangahas ang mga tao na sabihin ito, at dahil ang mga salita ng Diyos ay nagdudulot sa kanila na alisin ang ganoong mga iniisip, inaalisan sila ng pagkakataon na lalo pang mag-isip, wala silang pagpipilian kundi ang isantabi ang ano pa mang ganoong mga iniisip. Ibinubunyag lamang ng Diyos ang lahat ng kuru-kuro ng tao, kaya’t pilit na itinatago ng mga tao ang kanilang mga kuru-kuro at hindi hinahayaan ang mga iyon na lumabas. Sinabi na noon na ang mga taong ito ang anak ng malaking pulang dragon. Sa katunayan, upang maging malinaw, sila ang pagsasakatawan ng malaking pulang dragon. Kapag pinupwersa sila ng Diyos tungo sa dulo ng daan at kinakatay sila, kung gayon—nang walang alinlangan—ang espiritu ng malaking pulang dragon ay wala nang pagkakataong gumawa sa kanila. Sa paraang ito, kapag naglalakad ang mga tao patungo sa dulo ng daan ay kung kailan din nagwawakas ang malaking pulang dragon sa kamatayan. Maaaring masabi na gumagamit ito ng kamatayan upang suklian ang “dakilang kabaitan” ng Diyos—na siyang layon ng gawain ng Diyos sa bansa ng malaking pulang dragon. Kapag handang isakripisyo ng mga tao ang kanilang mga buhay, ang lahat ng bagay ay nagiging walang halaga, at walang makagagapi sa kanila. Ano ang maaaring maging higit na mahalaga kaysa buhay? Sa ganitong paraan nawawalan si Satanas ng kakayahang gumawa pa sa mga tao, walang anumang magagawa ito sa tao. Bagaman sa pakahulugan ng “laman” ay sinasabi na ginawang tiwali ni Satanas ang laman, kung tunay na ibinibigay ng mga tao ang kanilang mga sarili, at hindi nahihimok ni Satanas, kung gayon walang sinuman ang makagagapi sa kanila—at sa sandaling ito, gagampanan ng laman ang isa pa nitong tungkulin, at magsisimulang opisyal na tanggapin ang patnubay ng Espiritu ng Diyos. Ito ay isang kinakailangang proseso, dapat itong mangyari nang isa-isang hakbang; kung hindi, hindi magkakaroon ang Diyos ng paraan para makagawa sa sutil na laman. Ganoon ang karunungan ng Diyos. Sa paraang ito, lahat ng tao ay walang malay na nakapasok sa kasalukuyang mga kalagayan. At hindi ba’t ang Diyos ang nagdala sa tao sa “dulo ng daan”? Maaari kayang ito ay isang bagong daan na binuksan ng tao? Kung titingnan ang inyong mga karanasan, tila sa inyo, ang Diyos ay gumagamit ng mga pamamaraan na sukdulan ang kalupitan, kung saan ay makikita ang pagkamatuwid ng Diyos. Paano kayo hindi makapagbibigay ng papuri? Ang ginagawa ng Diyos sa inyo ay nagpapahintulot sa mga tao na mamasdan ang matuwid na disposisyon ng Diyos; hindi ba kayo marapat na humanga sa Diyos dahil dito? Sa kasalukuyan, sa sangandaan kung kailan ang lumang kapanahunan ay umiiral pa rin at ang bagong kapanahunan ay hindi pa dumarating, paano kayo nagpapatotoo sa Diyos? Ang ganoon ba kaseryosong usapin ay hindi karapat-dapat sa masusing pagsasaaalang-alang? Pinag-iisipan pa rin ba ninyong mabuti ang ibang walang-kinalamang mga bagay-bagay? Bakit sinasabi ng Diyos, “Bagaman ang mga tao ay minsan nang sumigaw ng ‘Mabuhay ang pagkaunawa,’ walang sinuman ang gumugol ng maraming oras sa pagsusuri sa salitang

‘pagkaunawa,’ na nagpapakita na ang mga tao ay walang pagnanasang mahalin Ako”? Kung hindi sinabi ng Diyos ang ganoong mga bagay, hindi ba ninyo maaaring kusang subukan na unawain ang puso ng Diyos?

Kahit na kamakailan lamang ay may mga tao na maaaring nagkaroon ng kaunting kaalaman tungkol sa mga layon at punto ng pagkakatawang-tao ng Diyos, masasabi Ko nang tiyak na kung hindi nagsalita ang Diyos sa payak na paraan sa tao, walang sinuman ang makahuhula sa mga layon at punto ng pagkakatawang-tao ng Diyos. Ito ay tiyak. Hindi pa rin ba ito malinaw sa iyo? Lahat ng ginagawa ng Diyos sa mga tao ay bahagi ng Kanyang plano ng pamamahala—gayunman ay hindi nila kayang unawain nang tumpak ang kalooban ng Diyos. Ito ang kakulangan ng tao, ngunit hindi hinihingi ng Diyos na makaya ng mga tao na gumawa ng anumang bagay, hinihingi lamang Niya na pakinggan nila ang “mga payo ng doktor.” Ito ang hinihingi ng Diyos. Hinihingi Niya sa lahat ng tao na alamin ang tunay na buhay ng tao, sapagkat “sa kanilang mga puso, ang mga salitang ‘buhay ng tao’ ay hindi umiiral, wala silang pagsasaalang-alang para sa mga iyon, at napapagod lamang sa Aking mga salita, na para bang Ako ay naging isang bungangerang matandang dalaga.” Sa paningin ng mga tao, ang mga salita ng Diyos ay gaya ng pang-araw-araw na kubyertos, hindi man lamang nila itinuturing ang mga iyon na mahalaga. Kaya, hindi maisagawa ng mga tao ang mga salita ng Diyos—sila ay naging mga kawawang hampaslupa na nakababatid tungkol sa katotohanan ngunit hindi ito isinasagawa. Sapat na ang pagkakamaling ito ng tao na magsanhi ng pagkamuhi sa Diyos sa isang panahon, at kaya maraming ulit Niyang sinasabi na hindi pinakikinggan ng mga tao ang Kanyang mga salita. Gayunman sa kanilang mga kuru-kuro, iniisip ng mga tao ang sumusunod: “Bawat araw, aming pinag-aaralan at sinusuri ang mga salita ng Diyos, kaya paanong masasabi na hindi namin pinakikinggan ang mga iyon? Hindi ba ito kawalang-katarungan sa amin?” Ngunit hayaan ninyong isa-isahin Ko ito nang kaunti para sa inyo—ang mga tao ay mamumula. Kapag binabasa nila ang mga salita ng Diyos, sila ay tumatango, sila ay yumuyukod at kumakaskas, tulad ng isang tuta na nagpapaalipin sa mga salita ng amo nito. Kaya sa sandaling ito, nakakaramdam ang mga tao na hindi sila marapat, umaagos ang mga luha sa kanilang mga mukha, na para bang inaasam nilang magsisi at magsimulang muli—ngunit kapag lumipas na ang sandaling ito, ang kanilang pagiging mahiyain ay agad na nawawala, at napapalitan ng kabagsikan; isinasantabi nila ang mga salita ng Diyos, at laging naniniwala na ang kanilang mga sariling kapakanan ay nangunguna, na ang mga bagay-bagay tungkol sa Diyos ay sa hulihan, at dahil sa mga pagkilos nilang ito, hindi nila kailanman naisasagawa ang mga salita ng Diyos. Kapag dumating na ang mga katunayan, iniuunat nila ang kanilang mga siko palabas^a—ito ay panlilinlang sa kanilang sariling

^a Ang “iniuunat ang siko palabas” ay isang talinghagang Tsino, na nangangahulugang ang isang tao ay tumutulong sa iba sa kapinsalaan ng mga taong malapit sa taong iyon, halimbawa ay mga magulang, mga anak, mga kamag-anak o mga kapatid.

mga tao—hindi kataka-taka na sinasabi ng Diyos na sila ay “tumatakbo sa kabilang daan’ samantalang umaasa sa Akin para sa kanilang ikabubuhay.” Mula lamang dito makikita na wala kahit katiting na kasinungalingan sa mga salita ng Diyos, totoo ang lahat ng mga iyon, at wala ni kaunting labis na pahayag, gayunman ay tila kulang ang pagkakalarawan sa mga iyon, sapagkat ang tayog ng tao ay napakaliit, hindi niya kayang pasanin ang mga ito. Ang mga salita ng Diyos ay nakapagkaloob na ng sinlinaw-ng-kristal na paglalarawan ng mga bagay-bagay ng tao, kapwa ng panloob at panlabas; naiukit na nila ang mga iyon nang buong linaw, inilalarawan ang isang buhay na buhay na pagkakatulad na eksaktong ang orihinal na mukha ni Satanas. Kaya nga lamang sa kasalukuyang yugto, hindi pa nakikita ng mga tao ang lahat nang malinaw, at kaya sinasabi na hindi pa nila nakikilala ang kanilang mga sarili. Dahil dito kaya Aking sinasabi na ang araling ito ay dapat magpatuloy; hindi ito maaaring huminto. Kapag nakilala na ng mga tao ang kanilang sarili ay magtatamo ang Diyos ng kaluwalhatian. Ito ay madaling maunawaan—wala nang pangangailangan na idetalye Ko pa ito. Gayunman, mayroong isang bagay na ipaaalala Ko sa inyo, bagama’t kailangan munang mabasa ang mga salitang ito ng Diyos: “Sa kasalukuyang mga panahon, hindi Ako kailanman pinahalagahan ng mga tao, wala Akong puwang sa kanilang mga puso. Maaari kaya silang magpakita ng tunay na pag-ibig sa Akin sa mga araw ng pagdurusang darating?” Ano ang kahulugan ng mga salitang ito? Sinasabi ng Diyos na ang pagkastigo ay hindi pa dumarating sa tao, na nagpapakitang mayroon pang nakapaloob na kahulugan sa mga salitang “pagkilala sa iyong sarili”—nakita mo ba ito? Kung hindi sasailalim sa paghihirap at pagpipino, paano makikilala ng mga tao ang kanilang mga sarili? Hindi ba salitang walang laman ang mga ito? Talaga bang nagtitiwala ka sa lahat ng sinasabi ng Diyos? Kaya mo bang kilalanin ang mga salita ng Diyos? Bakit paulit-ulit na sinasabi ng Diyos ang mga bagay na tulad ng “Pagkakita sa mga kilos ng tao, ang pagpipilian Ko lamang ay ang umalis,” at sinasabi rin, “Kapag ang mga bundok ay gumuho at bumuka sa ilalim ang lupa ay saka lamang iniisip ng mga tao ang Aking mga salita, saka lamang sila nagigising mula sa kanilang mga panaginip, ngunit ang oras ay dumating na, sila ay lumulubog sa malaking baha, ang kanilang mga bangkay ay lumulutang sa ibabaw ng tubig”? Bakit sinasabi ng Diyos na “iniisip ng mga tao” at hindi “sinusunod ng mga tao ang Aking mga salita”? Tunay ba na ang mga bundok ay gumuguho at ang lupa ay nabibiyak sa ilalim? Hindi pinakikinggan ng mga tao ang ganoong mga salita, pinalalampas nila ang mga iyon, kaya sila ay nagdursa ng matinding “paghihirap” sa mga salita ng Diyos. Ito ay dahil masyado silang nagwawalang-bahala. Dahil sa pagkabigong ito ng tao, sinasabi ng Diyos, “Ako, itong ‘kakatwa’ na walang daluyan ng luha, ay umiyak ng maraming luha para sa tao. Gayunman, ang tao ay walang nalalaman tungkol dito.” Dahil hindi binibigyang-pansin ng mga tao ang mga salita ng Diyos, ginagamit ng Diyos ang paraan na ito upang paalalahanan sila at kunin ang kanilang “tulong.”

Sa ngayon, hindi Ako magpopropesiya tungkol sa mga kaganapan sa mundo, ngunit magpopropesiya ng ilang bagay tungkol sa kapalaran ng tao. Hindi ba hiningi Kong

kilalanin ng mga tao ang kanilang mga sarili? Paano ito maipapaliwanag? Paano dapat makilala ng mga tao ang kanilang mga sarili? Kapag “masyadong pinahihirapan” ng Diyos ang mga tao na sila ay nakabitin sa pagitan ng buhay at kamatayan, nagsisimula silang makaunawa nang kaunti tungkol sa kahulugan ng buhay ng tao, at pagod na sila sa buhay ng tao, naniniwalang ang buong buhay ng isang tao ay walang iba kundi isang panaginip. Naniniwala sila na ang buhay ng tao ay isang pagdurusa, na sila ay mamamatay nang hindi nagtatamo ng anuman, na ang kanilang buhay ay walang kabuluhan at walang halaga. Ang buhay ng tao ay isa lamang panaginip, isang panaginip kung saan ang dalamhati at kaligayahan ay dumarating at umaalis. Sa kasalukuyan, ang mga tao ay nabubuhay para sa Diyos, ngunit dahil sila ay namumuhay sa mundo ng tao, ang kanilang pang-araw-araw na buhay ay nananatiling walang laman at walang halaga, na nagdudulot sa lahat ng tao na malaman na ang kasiyahan ng Diyos ay isa lamang panandaliang kaginhawahan—ngunit kung namumuhay pa rin sila sa laman kahit na sila ay naniniwala sa Diyos, kapag hindi nila tinatamasa ang Diyos, ano ang kabuluhan nito? Sa laman, ang lahat ay hungkag para sa tao. Matapos maranasan ang mga nagbabagong kalagayan sa buhay ng tao, sa pagsapit ng katandaan, ang buhok ng tao ay namumuti, ang kanyang mukha ay puno ng mga kulubot, ang kanyang mga kamay ay puno ng mga kalyo. Bagaman nakapagbayad siya ng malaking halaga, wala siyang halos natamo. Kaya, mas lalawig pa ang Aking mga salita: Lahat ay hungkag para sa mga namumuhay sa laman. Ito ay walang pag-aalinlangan, at wala nang pangangailangan na suriin mo pa ito nang detalyado. Ito ang orihinal na mukha ng buhay ng tao na paulit-ulit na sinasabi ng Diyos. Hindi iniwasan ng Diyos ang mga salitang ito bilang resulta ng kahinaan ng tao, kundi kumikilos lamang ayon sa Kanyang orihinal na plano. Marahil, ang ilang salita ay nagbibigay ng tulong at pagkaunawa sa mga tao, at marahil ang ilan ay gumagawa ng eksaktong kasalungat, sadyang nagsasanhi sa mga tao na mamuhay na nababalot ng pakiramdam ng kamatayan—at dahil dito mismo kaya sila ay nagdurusa. Kaya, marahil sinisimulan ng Diyos ang “stratehiya ng lungsod na walang laman”^b upang sadyang lituhin ang mga tao, ngunit hindi man lamang nila ito nakikita at sila ay nananatili sa dilim. At gayunman, ang lahat ay nasa mga kamay ng Diyos, at kahit na alam ito ng mga tao, paano sila magbabantay laban dito? Kaya, walang sinuman ang nakatatapas mula sa banta ng pagkasting—anong maaari nilang gawin? Maaari lamang silang magpasakop sa pagsasaayos ng Diyos—at hindi ba iyan dahil nahila sila ng Diyos at ayaw silang bitawan? Sa ilalim lamang ng mga pagbabanta ng Diyos makasusunod ang lahat ng tao sa daloy ng kalikasan—hindi ba ito ang sitwasyon? Kung hindi sa mga pagsasaayos ng Diyos, paano matatanggap ng mga tao nang maluwag sa kalooban ang

^b Ang “stratehiya ng lungsod na walang laman” ay ang ika-32 sa Tatlungpung Anim na Estratehiya ng lumang China. Ang estratehiyang ito ay kinabibilangan ng mapanlinlang na pagpapakita ng matapang na hitsura para itago ang kawalan ng kahandaan upang maloko ang kaaway.

pagkatalo? Hindi ba iyan magiging isang biro? Bagama't ang buhay ng tao ay hungkag, sino ang handa na tahimik na iwan ang mundo ng tao kapag ang kanilang mga buhay ay maginhawa, at subukang bigyang-kasiyahan ang Diyos? Ang mga tao ay namamatay sa gitna ng kawalang-kakayahan—sino na ang namatay sa gitna ng kasaganaan, kapag nasa kanila na ang lahat ng maaari nilang naisin? Tanging ang isang “bituin” lamang na bumaba mula sa langit ang eksepsyon dito. Kumpara sa buhay sa ikatlong langit na tinamasa nito, ang buhay sa lupa ay tulad ng pamumuhay sa Hades—tanging sa ilalim ng ganoong kalagayan ito maaaring maging handang mamatay. Gayunman sino sa kasalukuyan ang isang bituin sa langit? Ako rin ay “hindi malinaw” tungkol dito. Maghanap tayo sa paligid at tingnan kung makakakita tayo ng isa. Kung siya ay natagpuan, hinihingi Ko sa mga tao na tulungan Ako na magtanong kung siya ay handang kumilos ayon sa Aking mga salita sa itaas. Gayunman ay may babala Ako sa bawat isa sa inyo: Walang sinuman sa inyo ang dapat na umasta na isang “bayani” at magboluntaryo na mamatay, nauunawaan ba ninyo?

Kabanata 38

Ayon sa likas na mga katangian ng sangkatauhan, ibig sabihin, ang tunay na mukha ng sangkatauhan, ang makayang makapagpatuloy hanggang sa ngayon ay tunay na hindi naging madali, at tanging sa pamamagitan nito kaya ang dakilang kapangyarihan ng Diyos ay naging tunay na maliwanag. Ayon sa diwa ng laman, gayundin sa katunayan na, hanggang ngayon, ang tao ay nagawang tiwali ng malaking pulang dragon, paano niya makakayang patuloy na makatayo hanggang sa ngayon, kung hindi dahil sa paggabay ng Espiritu ng Diyos? Hindi karapat-dapat ang tao na lumapit sa harap ng Diyos, subalit alang-alang sa Kanyang pamamahala at upang di-magtagal ay matupad ang Kanyang dakilang gawain, kaya iniibig ng Diyos ang sangkatauhan. Sa totoo lang, ang pag-ibig ng Diyos para sa sangkatauhan ay isang bagay na hindi kayang bayaran ng sinumang tao sa buong buhay niya. Marahil ay may ilang nagnanais na masuklian ang biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pagsasakripisyo ng kanilang mga buhay, ngunit sinasabi Ko sa iyo: Hindi karapat-dapat ang tao na mamatay sa harap ng Diyos, kaya't ang kanyang kamatayan ay mawawalan ng kabuluhan. Ito ay dahil, sa Diyos, ang kamatayan ng isang tao ay hindi man lang karapat-dapat na mabanggit, hindi man lang katumbas ng isang sentimo, tulad ng kamatayan ng isang langgam sa lupa. Pinapayuhan Ko ang sangkatauhan na huwag masyadong maging mataas ang tingin sa kanilang mga sarili, at huwag isipin na ang mamatay para sa Diyos ay napakabigat na bagay, na gaya ng bigat ng Bundok Tai. Sa katunayan, ang kamatayan ng isang tao ay kasinggaan ng isang balahibo, na hindi karapat-dapat na mabanggit. Subalit magkagayunman, ang laman ng tao ay likas na nakatakdang mamatay, kaya't sa huli ang pisikal na katawan ay dapat na magwakas sa lupa. Ito ay isa talagang katotohanan,

na hindi maitatanggi ninuman. Ito ay isang “batas ng kalikasan” na Aking hinahango mula sa kabuuan ng karanasan ng buhay ng tao, kaya’t tinukoy na ng Diyos ang kawakasan ng tao sa ganitong paraan, nang hindi ito namamalayan ng isang tao. Nauunawaan mo ba? Hindi nakapagtataka na sinasabi ng Diyos, “Kinamumuhian Ko ang pagsuway ng sangkatauhan. Hindi Ko alam kung bakit; tila ba kinamuhian Ko na ang tao sa simula pa lang, at gayunma’y labis Akong nakikiramay sa kanya. Kaya’t palaging dalawa ang saloobin sa Akin ng mga tao—sapagkat iniibig Ko ang tao, at kinamumuhian Ko rin siya.”

Sinong hindi pumupuri sa Diyos para sa Kanyang presensya o sa Kanyang pagpapakita? Sa panahong ito, para bang ganap Ko nang nakalimutan ang pagiging di-dalisay at pagiging di-matuwid sa loob ng tao. Kinukuha Ko ang pagmamagaling ng sangkatauhan, labis na pagpapahalaga sa sarili, pagsuway, paglaban, at ang lahat ng kanilang paghihimagsik at winawaglit Kong lahat sa Aking isipan, at kinalilimutan ang tungkol dito. Ang Diyos ay hindi nakokontrol dahil sa ganitong mga pagkakataon ng kung ano ang sangkatauhan. Yamang Ako ay “dumaranas ng parehong pasakit” gaya ng sa Diyos, pinalalaya Ko rin ang Aking sarili mula sa kaguluhang ito, kung hindi ay lalo pa Akong pipigilan ng tao. Bakit pa mag-aabala sa lahat ng ito? Yamang ayaw ng tao na sumama sa sambahayan ng Diyos kasama Ko, paano Ko magagamit ang Aking kapangyarihan upang puwersahin sila? Hindi Ko ginagawa ang mga bagay-bagay na mapaniil sa tao, at hindi nakapagtataka, dahil Ako ay isinilang sa pamilya ng Diyos, kaya talagang ang tao at Ako ay laging magkaiba. Ito ay humantong sa kalagayan ng matinding pagkatalo na kanyang kinaroroonan ngayon. Ngunit patuloy Kong iniwasan ang mga kahinaan ng tao; anong Aking pagpipilian? Hindi ba ito ay dahil wala Akong kapangyarihan? Hindi nakapagtataka na hinahangad ng Diyos na “magretiro” mula sa “yunit ng gawain” ng sangkatauhan, at bukod dito ay humihingi ng “pensiyon.” Kapag nagsasalita Ako mula sa pananaw ng isang tao, ang tao ay hindi nakikinig, ngunit tumitigil ba sa pagsuway ang tao kahit na nagsasalita Ako mula sa pananaw ng Diyos? Marahil ay darating ang araw na ang Diyos ay biglang “magretiro” mula sa “yunit ng gawain” ng sangkatauhan, at kapag dumating ang sandaling iyon, mas lalo pang magiging mabagsik ang salita ng Diyos. Sa kasalukuyan, maaaring dahil sa Akin kaya nagsasalita ang Diyos sa ganitong paraan, at kung darating ang araw na iyon, hindi magiging tulad Ko ang Diyos, marahan at matiyagang “nagsasalaysay ng mga kwento sa mga bata sa kindergarten.” Marahil ay hindi masyadong naaangkop ang Aking sinasabi, subalit ang Diyos ay handang luwagan nang kaunti ang Kanyang paghawak sa tao dahil lang sa Diyos na nagkatawang-tao; kung hindi, ang tanawin ay magiging masyadong kakila-kilabot na pagnilayan. Gaya ng sinabi ng Diyos, “Minsan Ko nang niluwagan ang Aking paghawak sa mga tao sa paanuman, tinutulutan sila na malayang magpasasa sa kanilang makalamang mga pagnanasa—at dahil dito ay nangahas silang kumilos nang walang pigil, nang walang anumang pagbabawal, kung saan makikita na hindi nila Ako tunay na iniibig, sapagkat namumuhay silang lahat sa laman.” Bakit sinasabi ng Diyos dito na “magpasasa sa kanilang mga pagnanasa,” at “namumuhay sa

laman”? Sa totoo lang, likas na mauunawaan ng tao ang mga salitang gaya ng mga ito nang walang interpretasyon Ko. Marahil ay may ilan na magsasabing hindi nila nauunawaan, at sinasabi Ko na ito ay isang klase ng pagtatanong gayong nalalaman na ng isang tao ang kasagutan, ng pagkukunwari. Ilang salita ng pagpapaalaala: Bakit sinasabi ng Diyos, “Ang hinihingi Ko lang sa tao ay makipagtulungan siya sa Akin”? Bakit sinasabi rin ng Diyos na mahirap baguhin ang kalikasan ng tao? Bakit kinamumuhian ng Diyos ang kalikasan ng tao? At ano ba talaga ang mga bagay ng kalikasan ng tao? Ano ang mga bagay sa labas ng kalikasan ng tao? May nakapagnilay na ba sa mga katanungang ito? Marahil ito ay isang bagong paksa para sa tao, gayunman ay ipinamamanhik Ko pa rin sa tao na pag-ukulan ito ng wastong pagsasaalang-alang, kung hindi ay laging magkakasala ang tao sa Diyos dahil sa mga salitang gaya ng “mahirap baguhin ang kalikasan ng tao.” Anong kabutihan ang maidudulot ng paglaban sa Kanya sa ganoong paraan? Sa huli, hindi ba ito paghahanap lang ng gulo? Hindi ba ito magwawakas gaya ng paghahagis ng isang itlog sa isang bato?

Ang totoo, lahat ng pagsubok at mga tukso na dumarating sa tao ay mga aral na hinihingi ng Diyos na matutuhan ng tao. Ayon sa intensyon ng Diyos, makakamit ng tao ang mga bagay na ito, kahit na kailangan niyang isakripisyo kung ano ang iniibig niya, ngunit, dahil laging iniibig ng tao ang kanyang sarili, nabibigo siyang tunay na makipagtulungan sa Diyos. Hindi humihingi nang malaki ang Diyos sa tao. Ang lahat ng hinihingi Niya sa tao ay nilayong makamtan nang madali at masaya; kaya lang ang tao ay hindi handang magtiis ng mga paghihirap. Gaya ng, bilang isang anak, magagampanan niya ang kanyang tungkulin sa pamumuhay nang matipid at nag-iipon upang alagaan ang kanilang mga magulang. Gayunman ay natatakot sila na baka hindi sila makakain nang sapat, o na ang kanilang sariling pananamit ay magiging masyadong payak, kaya, dahil sa iba’t ibang kadahilanan, ang pagkakautang nila sa kanilang mga magulang ay ganap na nakalilimutan, na parang ang gawain ng pag-aalaga sa kanila ay makapaghihintay hanggang sa yumaman ang anak. Nakikita Ko rito na ang mga tao ay walang pampamilyang pag-ibig para sa kanilang mga magulang—sila ay mga anak na walang pag-ibig sa magulang. Marahil ay masyadong matindi ang Aking pahayag, subalit hindi Ako makapagsasalita ng walang kabuluhan sa harap ng mga katunayan. Hindi Ko maaaring “tularan ang iba” sa paglaban sa Diyos para mabigyang-kasiyahan lang ang Aking sarili. Dahil talagang walang sinuman sa lupa ang may pampamilyang puso kaya sinabi ng Diyos: “Sa langit, si Satanas ang Aking kaaway; sa lupa, ang tao ang Aking kalaban. Dahil sa pagsasanib sa pagitan ng langit at lupa, hinahatulan Ko silang lahat na nagkasala, hanggang sa ikasiyam na salinlahi.” Si Satanas ay isang kaaway ng Diyos; kaya sinasabi ng Diyos iyon ay dahil hindi nito sinusuklian ang Diyos para sa Kanyang dakilang pabor at kabaitan, kundi ay “sumasagwang pasalungat sa alon,” at, sa ganoon, ay hindi nagagampanan ang tungkulin nitong magpakita ng katapatan sa Diyos bilang isang anak. Hindi ba’t ganito rin ang mga tao? Hindi sila nagpapakita ng paggalang ng isang anak sa kanilang “mga magulang” at hindi kailanman sinusuklian

ang pagkakautang nila sa kanilang “mga magulang” para sa kanilang mapagmahal na kalinga. Sapat na ito upang ipakita na ang mga tao sa lupa ay ang mga kamag-anak ni Satan sa langit. Ang tao at si Satan ay may iisang puso at isipan sa pagsalungat sa Diyos, kaya’t hindi nakapagtataka na idadamay sila ng Diyos hanggang sa ikasiyam na salinlahi at walang patatawarin. Sa nakaraan, ipinamahala ng Diyos ang sangkatauhan sa Kanyang nagpatirapang lingkod sa langit, ngunit hindi ito sumunod, bagkus ay nagpapasasa sa sarili nitong galit at naghihimagsik. Hindi ba’t ang mapaghimagsik na mga tao ay humahakbang din pasulong tungo sa landas na ito? Kahit gaano man higit ng Diyos ang “mga renda,” ang mga tao ay hindi basta mayayanig at hindi makababalik mula sa kanilang daan. Sa Aking pananaw, kung ang sangkatauhan ay magpapatuloy sa ganitong paraan, idudulot nila ang sarili nilang pagkawasak. Marahil ngayon ay nauunawaan mo na ang tunay na kahulugan ng mga salitang ito ng Diyos: “Hindi kaya ng mga taong putulin ang matagal na nilang mga ugnayan sa dati nilang kalikasan.” Pinaalalahanan ng Diyos ang tao sa maraming pagkakataon: “Dahil sa pagsuway ng tao, iniwan Ko siya.” Bakit sinasabi ito ng Diyos nang paulit-ulit? Maaari bang ang Diyos ay tunay na maging masyadong walang-puso? Bakit sinasabi rin ng Diyos na “hindi Ako kabilang sa lahi ng tao”? Sa loob ng napakaraming araw na walang ginagawa, mayroon bang sinumang maingat na napag-isipan ang mga detalyadong usaping ito? Inuudyukan Ko ang sangkatauhan na magsumikap nang may higit pang lakas sa mga salita ng Diyos at huwag itong ituring nang basta-basta; ang paggawa noon ay walang maidudulot na pakinabang sa iyo, o sa iba. Pinakamainam na huwag sabihin yaong hindi kailangang sabihin, at huwag isipin yaong hindi kailangang pag-isipan. Hindi ba mas simple ito? Anong kamalian ang maaaring ibunga ng gayong pagsasagawa? Bago iproklama ng Diyos ang katapusan ng Kanyang gawain sa lupa, walang sinumang dapat huminto sa “paggalaw”; walang sinumang dapat tumalikod sa kanilang tungkulin. Hindi ito ang panahon; huwag ipagpalagay na kumilos bilang gabay para sa Diyos, o isang bantay sa unahan. Palagay Ko ay napakaaga pa para huminto ngayon at tumigil sa pagsulong—ano sa palagay mo?

Dinadala ng Diyos ang sangkatauhan sa kalagitnaan ng pagkastigo, at dinadala Niya ang mga ito tungo sa isang atmospera ng kamatayan, gayunman, sa kabaligtaran, anong ipagagawa ng Diyos sa tao sa lupa? Tiyak, ang layunin ng tao ay hindi upang magsilbing isang aparador sa sambahayan ng Diyos—isang bagay na hindi makakain o maisusuot, kundi mamamasdan lang. Kung ganoon, bakit gagamit ng napakaraming masalimuot na mga proseso upang lubos na pahirapan ang mga tao sa laman? Sinasabi ng Diyos, “Inihahatid Ko ang tao sa ‘dakong bitayan,’ dahil ang paglabag ng tao ay sapat na upang maging marapat sa Aking pagpaparusa.” Sa sandaling ito ba ay hinahayaan ng Diyos na lumakad ang mga tao tungo sa dakong bitayan nang sila lang? Bakit walang sinumang “nagsusumamo ng awa para sa kanila”? Kung gayon, paano dapat makipagtulungan ang tao? Talaga bang kaya ng tao na kumilos gaya ng Diyos kapag ginagawa Niya ang Kanyang mga paghatol, nang walang impluwensiya ng emosyon?

Ang bisa ng mga salitang ito ay pangunahing nakasalalay kung paano kumilos ang tao. Kapag iniuwi ng isang ama ang perang kinita niya, kung hindi alam ng ina kung paano makikipagtulungan sa kanya o kung paano pamamahalaan ang sambahayan, ano ang magiging kalagayan ng tahananang iyon? Tingnan ang kalagayan ng iglesia ngayon: Ano, bilang mga lider, ang nararamdaman ninyo tungkol dito? Maaari kayong magdaos ng isang pagpupulong upang talakayin ang indibidwal na mga pagbubulay. Kung ang mga bagay sa tahanan ay nasira ng ina, ano kaya ang magiging hitsura ng mga anak sa gayong pamilya? Gaya ng mga ulila? O mga pulubi? Hindi kataka-takang sinabi ng Diyos: “Iniisip ng lahat ng tao na ang Akin ay isang pang-Diyos na kalikasan na kulang sa ‘kalidad ng katalinuhan,’ subalit sinong makaiintindi na kaya Kong maunawaan ang lahat sa Aking pagkatao?” Hinggil sa gayong malinaw na sitwasyon, hindi kinakailangan ng Diyos na magsalita mula sa Kanyang pagka-Diyos. Gaya ng sinabi na ng Diyos, “Hindi kailangang gumamit ng maso upang pukpukin ang isang pako.” Marahil, sa sandaling ito, ay may mga taong may ilang praktikal na karanasan sa kasabihan ng Diyos na “Sa kalipunan ng mga tao, wala ni isa mang umiibig sa Akin.” Sa puntong ito, ito ay gaya ng sinabi na ng Diyos: “Dahil lang sa narating na nila ang kasalukuyang kalagayan ng mga pangyayari kaya ang mga tao ay atubiling lahat na yumukod—subalit sa kanilang mga puso, nananatili silang hindi kumbinsido.” Tulad ng isang teleskopyo ang mga salitang ito. Sa malapit na hinaharap, ang tao ay lalakad sa ibang sitwasyon. Ito ay tinatawag na pagiging di-maitama. Nauunawaan ba? Iyon ang sagot sa dalawang katanungang ito ng Diyos: “Hindi ba umiiwas ang mga tao sa kasalanan dahil lang natatakot sila na aalis Ako? Hindi ba totoo na hindi sila dumaraing dahil lang sa natatakot sila sa pagpaparusa?” Sa katunayan, ang mga tao sa kasalukuyang yugto ay lahat bahagyang matamlay, na tila puspos ng kapaguran. Ganap na wala sila sa kondisyong bigyang-pansin ang gawain ng Diyos, bagkus ay nababahala lang sa mga pagsasaayos at mga pagtustos alang-alang sa kanilang sariling laman. Hindi ba ganoon?

Kabanata 39

Dumako tayo sa labas ng mga salita ng Diyos at pag-usapan nang kaunti ang tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa ating mga buhay, upang mamukadkad pa ang ating mga buhay, at maabot natin ang mga inaasahan ng Diyos para sa atin. Partikular sa pagdating ng kasalukuyan—isang panahon na ang bawat isa ay pinagsasama-sama ayon sa uri, at isang panahon ng pagkastigo—mayroong higit na malaking pangangailangan na magtuon sa mas malaking larawan at pagtuunan ang “kapakanan ng lahat.” Ito ang kalooban ng Diyos, at ito ang dapat na makamit ng lahat ng tao. Paanong hindi natin maisasakripisyo ang ating mga sarili para sa kalooban ng Diyos sa langit? Ang Diyos ay “nagtatakda ng mga bilang sa lahat ng uri ng tao, nagmamarka ng iba’t ibang tanda sa bawat uri ng tao, upang ang kanilang mga ninuno ay magabayan sila pabalik sa kanilang

mga pamilya,” na nagpapakitang napagsama-sama ang mga tao ayon sa uri, at bilang resulta, ibinubunyag ng lahat ng uri ng mga tao ang kanilang tunay na anyo. Ibig ipakahulugan nito ay patas na sabihing tapat ang mga tao sa kanilang mga ninuno, hindi sa Diyos. Gayunpaman, ang lahat ng tao ay gumagawa rin ng serbisyo sa Diyos sa pamamamnatnubay ng kanilang mga ninuno, na isang kahanga-hangang katangian ng gawain ng Diyos. Gumagawa ng serbisyo ang lahat ng bagay sa Diyos, at kahit na ginagambala ni Satanas ang mga tao, ginagamit ng Diyos ang pagkakataong ito upang kumuha sa mga “lokal na pinagkukunang yaman” upang paglingkuran Siya. Gayunpaman, hindi ito maintindihan ng mga tao. Gaya ng sinasabi ng Diyos, “Sa gayon, hinahati Ko rin ang pagpapagal, at ipinamamahagi ang mga pagsisikap. Ito ay bahagi ng Aking plano, at hindi maaaring gambalain ng sinumang tao.” Hindi makita ng mga tao ang lahat ng itinalaga ng Diyos, at ang lahat ng ninanais matupad ng Diyos, bago Niya ito ginawa. Makikita lamang nila ito kapag natapos na ang gawain ng Diyos; kung hindi, sila ay bulag, at walang nakikita.

Ngayon, may bagong gawain ang Diyos sa mga iglesia. Pinasusunod Niya ang lahat ng bagay sa takbo ng kalikasan at tunay na pinapapasan ang tungkulin ng tao. Gaya ng sinasabi ng Diyos, “Aking pinamumunuan ang lahat ng bagay, Aking inuutusan ang lahat, na nagiging sanhi upang ang lahat ay sumunod sa daloy ng kalikasan at magpasakop sa utos ng kalikasan.” Hindi Ko alam kung anong matatalinong kabatiran ang mayroon kayo tungkol sa “pagsunod sa daloy ng kalikasan,” kaya pag-usapan natin ito. Ganito ang nakikita Ko rito: Dahil inaakay sila pauwi ng kanilang mga ninuno, lahat ng uri ng tao ay dapat na lumabas at “gumanap.” At dahil sinusundan nila ang daloy ng kalikasan, ang likas sa kanila ay ginagamit upang mapasan nila ang kanilang orihinal na tungkulin, at pinasusunod sila sa paggabay ng Banal na Espiritu ayon sa alituntunin na ito. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay isinasakatuparan ayon sa kalagayan ng kalooban ng bawat tao; sa eksaktong pananalita, tinatawag ito na “Minamaniobra ng Diyos ang lahat ng bagay upang maglingkod sila sa Kanya,” nauugnay naman ito kung gayon sa pagsunod sa daloy ng kalikasan. Kahit na ang isang tao ay mayroong mga elemento ng diyablo sa kalooban nila, gagamitin ito ng Diyos at idaragdag ang gawain ng Banal na Espiritu sa pundasyon ng kung ano ang likas sa kalooban nila, ginagawa silang sapat upang gumawa ng serbisyo sa Diyos. Ito ang lahat ng sasabihin Ko tungkol sa “pagsunod sa daloy ng kalikasan”—marahil kayo ay may ilang mas mataas na mga mungkahi. Umaasa Ako na makapagbibigay kayo ng ilang mahalagang karagdagan. Ano ang masasabi ninyo? Handa ba kayong makipagtulungan sa pagsunod sa daloy ng kalikasan? Handa ba kayong makihati ng gawain sa Diyos? Naisip na ba ninyo kung paano tutuparin ito? Umaasa Ako na makakaya ng mga tao na maunawaan ang kalooban ng Diyos, na maaari silang maging isa sa isipan sa pagbibigay-kasiyahan sa Diyos alang-alang sa iisang simulain, at sumulong nang sama-sama sa daan tungo sa kaharian. Anong pangangailangan ang mayroon upang makabuo ng di-kailangang mga kuru-kuro? Kaninong pag-iral magpahanggang sa ngayon ang hindi naging alang-alang

sa Diyos? At yamang ito ay ganoon nga, anong pangangailangan ang mayroon para sa kalungkutan, dalamhati, at pagbuntung-hininga? Wala itong pakinabang sa sinuman. Ang buong buhay ng mga tao ay nasa mga kamay ng Diyos, at kung hindi sa kanilang paninindigan sa harap ng Diyos, sino ang magiging handang mamuhay nang walang saysay sa hungkag na mundong ito ng tao? Bakit pa mag-aabala? Nagmamadali papasok at palabas sa mundo, kung hindi sila gagawa ng anuman para sa Diyos, masasayang ba ang kanilang buong buhay? Kahit na hindi itinuturing ng Diyos ang iyong mga kilos na karapat-dapat mabanggit, hindi ka ba ngingiti nang dahil sa kasiyahan sa sandali ng iyong kamatayan? Dapat mong hangarin ang positibong pag-unlad, hindi ang negatibong pag-urong—hindi ba ito mas mahusay na pagsasagawa? Kung ang iyong mga pagkilos ay para lamang bigyang-kasiyahan ang Diyos, kung gayon ay hindi ka magiging negatibo o paurong. Dahil mayroon laging mga bagay na hindi kayang maarok sa mga puso ng mga tao, hindi nila namamalayan na tila tulad ng papawiring may madidilim na ulap ang kanilang mga mukha, na humahantong sa maraming “uka” na lumilitaw sa kanilang mga mukha nang hindi nila nalalaman, na tila dahil sa parating bumubuka ang lupa. Para bang parating gumagalaw ang lupa, at nagdudulot sa “maliliit na burol” o “mga paglubog” sa lupa na lumilipat ng kinalalagyan nang hindi natatanto ng mga tao. Dito ay hindi Ko tinutuya ang mga tao, bagkus ay nagsasalita Ako tungkol sa “kaalaman sa heograpiya.”

Bagaman nadala ng Diyos ang lahat ng tao tungo sa pagkastigo, wala Siyang sinasabi tungkol dito. Sa halip, sinasadya Niyang iwasan ang paksang ito at nagsisimula ng bago, na sa isang banda ay dahil sa gawain ng Diyos, at sa isa pa, ay upang agad na tapusin ang hakbang na ito ng gawain. Dahil matagal nang nakamit ang mga layon ng Diyos sa pagsasakatuparan ng hakbang na ito ng gawain, wala nang pangangailangan na magsalita pa. Sa kasalukuyan, hindi Ko alam kung gaano na karami ang nakita ninyo tungkol sa mga pamamaraan ng gawain ng Diyos; sa Aking kamalayan, lagi Kong nadarama na ang gawain ng Diyos ay hindi na kasinglinaw na nahahati sa mga yugto at kapanahunan gaya ng dati. Sa halip, nagdadala ang bawat araw ng sarili nitong paraan ng paggawa, nagaganap ang pagbabago halos kada tatlo hanggang limang araw, at kahit sa loob ng limang araw, maaaring magkaroon ng dalawang magkaibang uri ng nilalaman sa gawain ng Diyos. Ipinakikita nito ang bilis ng gawain ng Diyos; bago pa nagkaroon ang mga tao ng panahong makatugon at makasilip nang malapitan, nakaalis na ang Diyos nang walang bakas. Kaya laging hindi maunawaan ng mga tao ang Diyos, na humantong sa pagiging di-nahahalata ng gawain ng Banal na Espiritu. Bakit laging sinasabi ng Diyos ang mga salitang gaya ng “at kaya iniwan Ko ang tao”? Maaaring magbigay ng kaunting pansin ang mga tao sa mga salitang ito, ngunit hindi nila nauunawaan ang kahulugan ng mga iyon. Sa pagkakataong ito, nauunawaan mo ba? Hindi nakapagtataka na walang pagkaunawa ang mga tao sa presensya ng Banal na Espiritu. Ang kanilang paghahanap sa Diyos ay laging nasa ilalim ng malabong liwanag ng buwan—ito ay ganap na totoo—at para bang sinasadyang biruin ng Diyos ang tao,

ginagawa ang mga utak ng lahat ng tao na mamaga, kaya nakakaramdam sila ng pagkahilo at pagkalito. Halos hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa; na para bang nananaginip sila, at sa sandaling sila ay magising, hindi nila alam kung ano ang nangyari. Ang kailangan lamang ay ilang karaniwang mga salita mula sa Diyos upang maiwang lito ang mga tao. Hindi nakapagtataka, kung gayon, na sinasabi ng Diyos, “Sa kasalukuyan, itinatapon Ko ang lahat ng tao sa ‘malaking pugon’ upang mapino. Tumatayo Ako nang mataas, nakabantay nang maigi habang ang mga tao ay nasusunog sa apoy at, dahil napupuwersa ng mga lagablab, inilabas ng mga tao ang mga katunayan.” Sa kalagitnaan ng palaging-nagbabagong mga salita ng Diyos, walang ideya ang mga tao kung ano ang gagawin; sa katunayan, gaya lamang ng sinasabi ng Diyos, matagal nang nagsimula ang pagkastigo, at dahil hindi ito natatanto ng mga tao, nalalaman lamang nila kapag nagsasalita ang Diyos nang tahasan, nagbibigay-pansin lamang sila matapos itong masabi ng Diyos sa kanila. Maaaring masabi na nagsisimula lamang ang mga tao na pag-aralan ang pagkastigo ngayon na naisakatuparan ang gawain ng Diyos hanggang sa puntong ito. Gaya lamang ito nang mamalayan ng mga tao ang tungkol sa bombang atomika—ngunit dahil hindi pa dumarating ang panahon, hindi nakikinig ang mga tao; saka lamang nagsisimulang magbigay-pansin ang mga tao nang may nagsisimulang gumawa nito. Saka lamang mas naunawaan ng mga tao ang bombang atomika nang inilabas ito. Nagkaroon lamang ng kaunting kaalaman ang mga tao nang sinabi ng Diyos na itatapon Niya ang tao sa pugon. Kung hindi nagsalita ang Diyos, walang sinuman ang makaaalam—hindi ba ganito? Kaya sinasabi ng Diyos, “Ang mga tao ay walang-kamalayang pumapasok sa pugon, na para bang sila ay hinila roon ng isang lubid, na para bang sila ay naging manhid na.” Bakit hindi suriin ito: Kapag nag-aalok ang mga tao ng mga katunayan, ito ba ay kapag sinasabi ng Diyos na nagsimula na ang pagkastigo, o bago ang pagsasabi ng Diyos na nagsimula na ang pagkastigo? Makikita mula rito na, bago nagsalita ang Diyos tungkol sa pagkastigo, ang mga tao ay nagsimula nang magkumpisal, ipinakikita na nagsimula na ang pagkastigo bago pa sinabi ng Diyos ang tungkol dito—hindi ba ito totoo?

Kabanata 40

Sa Diyos, ang tao ay tulad ng isang laruan na Kanyang hawak-hawak, tulad ng isang hibla ng pansit na hinatak sa Kanyang mga kamay—na maaaring gawing kasing-nipis o kasing-kapal ng nais ng Diyos, para gawin dito ang anumang makasisiya sa Kanya. Makatarungang sabihin na ang tao ay talagang isang laruan sa mga kamay ng Diyos, tulad ng isang pusang Persian na binili ng isang babae sa merkado. Walang duda, isa siyang laruan sa mga kamay ng Diyos—kaya nga walang anumang mali sa kaalaman ni Pedro. Mula rito, makikita na ang mga salita at kilos ng Diyos sa tao ay isinasakatuparan nang madali at nakasisiya. Hindi Siya nag-iisip nang husto o gumagawa ng mga plano,

tulad ng inaakala ng mga tao; ang gawaing Kanyang ginagawa sa tao ay napaka-normal, gayundin ang mga salitang binibigkas Niya sa tao. Kapag nagsasalita ang Diyos, tila sinasabi Niya ang mga bagay na wala siyang balak na sabihin, sinasabi Niya ang anumang pumasok sa Kanyang isipan, nang walang pagpipigil. Gayunman, matapos basahin ang mga salita ng Diyos, lubos na nakumbinsi ang mga tao, wala silang masabi, nandidilat ang kanilang mga mata at natutulala sila. Ano ang nangyayari dito? Ipinapakita nitong mabuti kung gaano kadakila ang karunungan ng Diyos. Kung, tulad ng inaakala ng mga tao, kinailangang planuhin nang masusi ang gawain ng Diyos sa tao para maging tumpak at tama—na palawigin pa ang mga imahinasyong ito—masusukat ang karunungan, pagiging kamangha-mangha, at pagiging hindi maarok ng Diyos, na nagpapakita na napakababa ng pagpapahalaga ng mga tao sa Diyos. Dahil laging may kamangmangan sa mga kilos ng mga tao, sinusukat nila ang Diyos sa gayon ding paraan. Hindi gumagawa ng mga plano o pagsasaayos ang Diyos para sa Kanyang gawain; sa halip, tuwiran itong isinasakatuparan ng Espiritu ng Diyos—at ang mga prinsipyo kung paano gumagawa ang Espiritu ng Diyos ay malaya at hindi mapigilan. Para bang hindi pinapansin ng Diyos ang mga kalagayan ng tao at nagsasalita kung paano Niya gusto—subalit halos hindi pa rin maihiwalay ng tao ang kanyang sarili sa mga salita ng Diyos, dahil sa karunungan ng Diyos. Ang mga katunayan, tutal naman, ay mga katunayan. Dahil kitang-kita ang gawain ng Espiritu ng Diyos sa lahat ng tao, sapat na ito para ipakita ang mga prinsipyo ng gawain ng Diyos. Kung kinailangan ng Diyos na magbayad ng gayon kalaking halaga sa Kanyang gawain sa mga nilalang, hindi ba iyon magiging isang kaso ng paggamit ng mainam na troso sa walang katuturan? Kailangan bang kumilos ang Diyos nang personal? Magiging sulit ba iyon? Dahil napakatagal nang gumagawa ng Espiritu ng Diyos, subalit sa buong mga kapanahunan ay hindi kailanman gumawa ang Espiritu ng Diyos sa ganitong paraan, wala pang sinumang nakaalam sa kaparaanan at mga prinsipyong ginagamit ng Diyos sa paggawa, hindi kailanman naging malinaw ang mga iyon. Ngayon ay malinaw ang mga iyon, sapagkat personal na naihayag ng Espiritu ng Diyos ang mga iyon—at wala itong kaduda-duda, tuwiran itong ipinakita ng Espiritu ng Diyos, hindi ibinuod ng tao. Bakit hindi ka maglakbay patungong ikatlong langit at tingnan mo kung ito talaga ang nangyayari; tingnan, matapos gawin ang lahat ng gawaing ito, kung nakapagod sa Kanya ang mga gawain ng Diyos, masakit ang Kanyang likod at ang Kanyang mga binti, o kaya ay hindi Siya makakain o makatulog; at kung kinailangan Niyang basahin ang napakaraming sangguniang materyal para sabihin ang lahat ng salitang ito, kung nakakalat sa mesa ang nakasulat na mga draft ng mga pagbigkas ng Diyos, at kung nanunuyo ang Kanyang bibig matapos magsalita ng napakarami. Kabaligtaran nito mismo ang mga katunayan: Ang mga salitang binanggit sa itaas ay walang anumang pagkakatulad sa lugar na tinatahanan ng Diyos. Sabi ng Diyos, “Nakagugol Ako ng mahabang panahon at nagbayad ng malaking halaga alang-alang sa tao—ngunit sa panahong ito, sa di-malamang dahilan, nananatiling walang kakayahan ang

konsiyensya ng mga tao na gampanan ang kanilang orihinal na tungkulin.” Nadarama man ng mga tao ang kalungkutan ng Diyos, kung madarama nila ang pagmamahal ng Diyos nang hindi nilalabanan ang kanilang konsiyensya, ituturing itong may dahilan at makatwiran. Ang nakakatakot lamang ay na ayaw nilang pasanin ang orihinal na gamit ng konsiyensya. Ano ang masasabi mo, tama ba ito? Nakakatulong ba sa iyo ang mga salitang ito? Umaasa Ako na kabilang kayo sa klase ng mga bagay na may konsiyensya, sa halip na maging basurang walang konsiyensya. Ano ang palagay mo sa mga salitang ito? Nadarama ba ito ng sinuman? Hindi ba masakit ang matusok ng karayom sa puso mo? Itinutusok ba ng Diyos ang karayom sa isang bangkay na walang pakiramdam? Nagkakamali ba ang Diyos, pinalabo na ba ng katandaan ang Kanyang paningin? Sinasabi Ko na imposible iyan! Magkagayunman, kagagawan siguro ito ng tao. Bakit hindi ka pumunta sa ospital at tingnan mo? Walang dudang may problema sa puso ng tao; kailangan itong sukatan ng bagong “mga piyesa”—ano sa palagay mo? Gagawin mo ba iyon?

Sinasabi ng Diyos, “Tinitingnan Ko ang kanilang pangit na mukha at kakatwang kalagayan, at minsan Ko pang nililisan ang tao. Sa ilalim ng gayong mga sitwasyon, hindi pa rin makaintindi ang mga tao, at minsan Ko pang binabawi ang mga bagay na naipagkait Ko sa kanila, na naghihintay sa Aking pagbalik.” Bakit, ngayong “panahon ng bagong teknolohiya,” nagsasalita pa rin ba ang Diyos tungkol mga kariton na hila-hila ng mga baka? Bakit ganito? Dahil ba sa nais ng Diyos na mangulit? Nagpapalipas ba ng oras ang Diyos dahil wala Siyang magawang mas mabuti? Katulad ba ng tao ang Diyos, pinalilipas lamang ang oras na walang ginagawa matapos busugin ang sarili? May silbi bang ulit-ulitin ang mga salitang ito? Nasabi Ko nang ang mga tao ay mga walanghiya, na kailangan mo silang laging sunggaban sa mga tainga para makaintindi sila. Matapos sambitin ang mga salita sa kanila ngayon, agad nilang malilimutan ang mga iyon kinabukasan—na para bang mayroon silang amnesia. Sa gayon, hindi totoo na hindi nasambit ang ilang salita, kundi na hindi nasunod ng mga tao ang mga iyon. Kung may sinabing isang bagay nang isa o dalawang ulit, wala pa ring alam ang mga tao—kailangan itong sabihin nang tatlong beses, ito ang pinakamaliit na bilang. Mayroon pa ngang ilang “matatandang lalaki” na kailangang sabihan nito nang sampu hanggang dalawampung ulit. Sa ganitong paraan, sinasabi ang iisang bagay nang paulit-ulit sa iba’t ibang mga paraan, upang makita kung nagbago na ang mga tao o hindi pa. Ganito ba talaga ang ginawa ninyo? Hindi Ko gustong takutin ang mga tao, ngunit niloloko nilang lahat ang Diyos; alam nilang lahat na kailangang uminom ng mas maraming pandagdag sa nutrisyon, ngunit hindi nakakaramdam ng pagkabalisa dahil sa Diyos—paglilingkod ba ito sa Diyos? Pagmamahal ba ito sa Diyos? Kaya pala ginugugol nila ang buong maghapon na walang pakialam sa mundo, walang ginagawa at walang kibo. Magkagayunman, hindi pa rin nasisiyahan ang ilang tao, at lumilikha sila ng sarili nilang ikalulungkot. Siguro medyo marahas Ako, ngunit ito ang tinatawag na sobrang pagkasentimental tungkol sa inyong sarili! Ang Diyos ba ang nagpapalungkot sa iyo? Hindi ba ito isang kalagayan ng

paghahatid ng pagdurusa sa sarili mo? Wala bang isa man sa mga biyaya ng Diyos ang karapat-dapat na pagmulan ng kaligayahan mo? Sa kabuuan, hindi mo naisaisip ang kalooban ng Diyos, at ikaw ay naging negatibo, sakitin, at malungkot—bakit ganito? Kalooban ba ng Diyos na mabuhay ka sa laman? Wala kang alam tungkol sa kalooban ng Diyos, hindi mapalagay ang kaibuturan ng sarili mong puso, bumubulung-bulong ka at nagrereklamo, at maghapon kang matamlay, at nagdaranas ng sakit at paghihirap ang iyong laman—iyan ang nararapat sa iyo! Hinihiling mong purihin ng iba ang Diyos sa gitna ng pagkastigo, na lumabas sila mula sa pagkastigo, at huwag papigil dito—subalit nahulog ka na rito at hindi na makatakas. Taon ang kailangan para matularan itong mala-Dong Cunrui na “espíritu ng pagsasakripisyo ng sarili.” Kapag nangangaral ka ng mga salita at doktrina, hindi ka ba nahihiya? Kilala mo ba ang sarili mo? Naisantabi mo na ba ang sarili mo? Talaga bang mahal mo ang Diyos? Naisantabi mo na ba ang iyong mga inaasam at kapalaran? Kaya pala sinasabi ng Diyos na ang mga tao ang siyang kamangha-mangha at hindi maarok. Sino ang makakaisip na napakaraming “kayamanan” sa kalooban ng tao na hindi pa nahuhukay? Ngayon, makita lamang ito ay sapat na para “buksan ang mga mata ng isang tao”—lubhang “kamangha-mangha” ang mga tao! Para bang isa Akong batang hindi marunong magbilang. Kahit ngayon hindi Ko pa alam kung ilang tao ang tunay na nagmamahal sa Diyos. Hindi Ko maaalala ang bilang kailanman—kaya nga, dahil sa Aking “kawalan ng katapatan,” pagdating ng panahon para magsulit sa harap ng Diyos, lagi Akong walang hawak, hindi Ko kayang gawin ang naaayon sa Aking nais, lagi Akong may utang sa Diyos. Dahil dito, kapag Ako ay nagsusulit, lagi Akong “pinangangaralan” ng Diyos. Hindi Ko alam kung bakit napakalupit ng mga tao, lagi Akong pinagdurusa dahil dito. Ginagamit ng mga tao ang pagkakataong ito para maghalakhakan, talagang hindi Ko sila mga kaibigan. Kapag nagkakaproblema Ako, hindi nila Ako binibigyan ng anumang tulong, kundi sadyang pinagtatawanan nila Ako—talagang wala silang konsiyensya!

Kabanata 41

Paano ba gumagawa ang Diyos sa tao? Alam mo na ba ito? Malinaw ba ito sa iyo? At paano Siya gumagawa sa iglesia? Ano ang mga pananaw mo sa mga bagay na ito? Naisaalang-alang mo na ba ang mga katanungang ito? Ano ba ang inaasahan Niyang matupad sa pamamagitan ng Kanyang gawain sa iglesia? Malinaw ba ang lahat ng ito sa iyo? Kung hindi, kung gayon ang lahat ng iyong ginagawa ay walang-silbi at walang-kabuluhan! Naantig na ba ng mga salitang ito ang iyong puso? Ang pagkakaroon lamang ng aktibong pag-unlad nang hindi umuurong sa pasibong paraan—maaabot ba sa ganitong paraan ang kalooban ng Diyos? Sapat na ba ang bulag na pakikipagtulungan? Ano ang dapat gawin kung hindi pa malinaw sa iyo ang mga pangitain? Ayos lang ba na hindi na maghanap pa? Sinasabi ng Diyos, “Ako ay minsang nagsagawa ng isang

malaking gawain sa gitna ng mga tao, ngunit hindi nila napansin, kaya kinailangan Kong gamitin ang Aking salita upang ibunyag ito sa kanila nang paisa-isang hakbang. Gayunman, hindi pa rin maunawaan ng tao ang Aking mga salita, at nanatili siyang walang-alam sa layunin ng Aking plano.” Ano ang kahulugan ng mga salitang ito? Naisaalang-alang mo na ba ang layuning ito? Tunay bang Ako ay basta lamang kumikilos at walang layunin? Kung gayon, ano ang punto? Kung ang layuning ito ay hindi malinaw at hindi mo maunawaan, kung gayon ay paano maaabot ang tunay na pakikipagtulungan? Sinasabi ng Diyos na ang mga hinahangad ng mga tao ay nasa walang hangganang mga karagatan at nasa doktrinang nakasulat sa walang lamang mga salita. Tungkol naman sa inyong mga hangarin, kahit ikaw ay walang kakayahang ipaliwanag kung saang kategorya nabibilang ang mga ito. Ano ba ang nais ng Diyos na maisagawa sa tao? Dapat na maging malinaw sa iyo ang lahat ng ito. Ito ba ay para lamang hiyain ang malaking pulang dragon sa negatibong paraan? Pagkatapos hiyain ang malaking pulang dragon, ang Diyos ba ay pupunta sa kabundukan nang walang dala at mamumuhay roon nang mag-isa? Kung gayon, ano ang ninanais ng Diyos? Nais ba Niya talaga ang mga puso ng mga tao? O ninanais ba Niya ang kanilang mga buhay? O ang kanilang kayamanan at mga ari-arian? Ano ang gamit ng mga ito? Walang pakinabang ang mga ito sa Diyos. Ang Diyos ba ay nakagawa nang napakalaking gawain sa tao para lamang gamitin siya bilang patunay ng Kanyang tagumpay laban kay Satanas, upang maipakita ang Kanyang “mga kakayahan”? Hindi ba nito gagawin ang Diyos na tila isang “hamak”? Ang Diyos ba ay ganyang uri ng Diyos? Tulad ng isang batang hinihila ang matatanda sa isang away? Anong kabuluhan nito? Laging sinusukat ng tao ang Diyos sa pamamagitan ng kanyang sariling mga kuru-kuro. Minsan nang sinabi ng Diyos, “May apat na panahon sa loob ng isang taon, at tatlong buwan ang bawat panahon.” Ang tao ay nakinig sa mga salitang ito, kinabisado ang mga ito, at sinabing palaging mayroong tatlong buwan sa isang panahon at apat na panahon sa isang taon. Nang nagtanong ang Diyos, “Ilang panahon ang mayroon sa isang taon? At ilang buwan ang mayroon sa bawat panahon?” ang tao ay sumagot nang sabay-sabay, “Apat na panahon, tatlong buwan.” Palaging sinusubukan ng tao na bigyang-kahulugan ang Diyos batay sa isang pangkat ng mga panuntunan, at ngayon, sa pagpasok sa kapanahunan ng “tatlong panahon kada taon, apat na buwan kada panahon,” hindi pa rin ito alam ng tao, na para bang siya ay nabulag, naghahanap ng mga panuntunan sa lahat ng bagay. At ngayon, sinusubukan ng sangkatauhang ilapat ang kanilang “mga panuntunan” sa Diyos! Talagang bulag sila! Hindi ba nila nakikita na ngayon ay wala nang “taglamig,” tanging “tagsibol, tag-araw, at taglagas” na lamang? Talagang hangal ang tao! Ang maabot ang kalagayang ito at hindi pa rin malaman kung paano kilalanin ang Diyos ay tulad lamang ng mga tao noong dekada 1920, na nag-aakalang ang transportasyon ay hindi maginhawa, kaya kailangang maglakad ng lahat ng tao, o umakay ng isang asno, o nag-aakalang dapat gumamit ang tao ng lamparang langis, o naniniwalang ang sinaunang pamamaraan ng pamumuhay pa rin ang nananaig. Hindi ba ang lahat ng ito ay mga kuru-kuro sa mga

isipan ng mga tao? Bakit nagsasalita pa rin sila ng tungkol sa habag at mapagmahal na kabaitan ngayon? Ano ang gamit nito? Tulad ito ng pagdakdak ng isang matandang babae tungkol sa kanyang nakaraan—ano ang gamit ng mga salitang ito? Kung sabagay, ang kasalukuyan ay ang kasalukuyan; ang oras ba ay maibabalik nang 20 o 30 taon? Ang lahat ng tao ay sumusunod sa agos; bakit labis silang nag-aatubili na tanggapin ito? Sa kasalukuyang kapanahunan ng pagkastigo, anong gamit ng pagsasalita tungkol sa habag at mapagmahal na kabaitan? Habag at mapagmahal na kabaitan—ang mga ito lamang ba ang lahat ng mayroon ang Diyos? Bakit sa panahong ito ng “harina at bigas,” ang mga tao ay patuloy na nagsisilbi ng “ipa ng dawa at mga ligaw na gulay”? Ang mga bagay na hindi ninanais gawin ng Diyos ay ipinipilit sa Kanya ng tao. Kapag Siya ay tumanggi, Siya ay binabansagang isang “kontra-rebolusyonaryo,” at kahit sinabi na nang paulit-ulit na ang Diyos ay hindi likas na mahabagin o mapagmahal, sino ang nakikinig? Ang tao ay masyadong kakatwa. Parang ang salita ng Diyos ay walang epekto. Laging naiiba ang pananaw ng mga tao sa Aking mga salita. Ang Diyos ay laging tinatakot ng mga tao, na tila ba pinagbibintangan ang mga tao sa mga krimen nang walang batayan—kaya sino ang maaaring maging kaisa sa isip ng Diyos? Palagi kayong handang mamuhay sa habag at mapagmahal na kabaitan ng Diyos, kaya ano ang magagawa ng Diyos kundi ang tiisin ang mga pang-iinsulto ng tao? Gayunman, umaasa Ako na masusi ninyong sasaliksikin kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu bago makipagtalo sa Diyos. Subalit hinihimok pa rin kita na masusing tingnan ang orihinal na kahulugan ng salita ng Diyos—huwag isipin na matalino ka dahil naniniwala kang ang salita ng Diyos ay “pinalabnaw.” Hindi iyan kailangan! Sino ang makakapagsabi kung gaano na “kalabnaw” ang salita ng Diyos? Maliban na lang kung sinabi ito nang tuwiran ng Diyos o ipinakita ito nang malinaw. Huwag ipalagay na napakataas ng iyong sarili. Kung nakikita ninyo ang landas ng pagsasagawa mula sa Kanyang mga salita, kung gayon ay natutugunan ninyo ang mga hinihingi Niya. Ano pa ang nais ninyong makita? Sinabi ng Diyos “Hindi na Ako magpapakita ng habag sa kahinaan ng tao.” Kung hindi ninyo nauunawaan ang kahulugan maging ng malinaw at simpleng pahayag na ito, ano ang halaga ng higit pang pagsasaliksik at pagsisiyasat? Kung wala maging ang pangunahing kaalamang pang-makina, paano kayo magiging kwalipikado na bumuo ng isang “rocket”? Hindi ba’t ang ganitong tao ay nagpapakita ng mga kahambugan? Ang tao ay walang mapagkukunan para isakatuparan ang gawain ng Diyos; ang Diyos ang nagtataas sa kanya. Ang paglingkuran lamang Siya nang hindi nalalaman kung ano ang iniibig Niya o ano ang kinamumuhian Niya—hindi ba ito ang pormula ng isang sakuna? Hindi nakikilala ng mga tao ang kanilang mga sarili, ngunit iniisip nila na sila ay di-pangkaraniwan. Sino ba sila sa inaakala nila! Wala silang ideya kung ano ang mabuti at kung ano ang masama. Pag-isipan ang nakaraan, at tumingin sa hinaharap—ano ang palagay ninyo roon? Pagkatapos niyan ay kilalanin ang inyong sarili.

Marami nang ibinunyag ang Diyos tungkol sa mga hangarin at layunin ng tao.

Sinabi Niya, “Doon Ko lamang malinaw na nakita ang mga hangarin at mithiin ng tao. Bumuntong-hininga Ako sa loob ng mga ulap: Bakit ang mga tao ay palaging kumikilos para sa kanilang sarili? Hindi ba ang Aking mga pagkastigo ay para gawin silang perpekto? Sinasadya Ko bang patamaan ang positibo nilang saloobin?” Gaano karami ang natutunan ninyo tungkol sa inyong sarili mula sa mga salitang ito? Talaga bang nawala na ang mga hangarin at layunin ng tao? Tiningnan na ba ninyo mismo ito? Makabubuting lumapit kayo sa harap ng Diyos at subukang unawain ito: Ano ang resultang nakamit ng gawain ng pagkastigo ng Diyos sa inyo? Nabuod na ba ninyo ito? Marahil ang resulta ay napakaliit; kung hindi ay matagal na kayong nagsalita nang sobra tungkol dito. Ano ba ang kailangang ipasakatuparan ng Diyos sa inyo? Sa napakaraming salitang sinabi sa inyo, ilan na ang nagbunga, at ilan ang walang kabuluhan? Sa mga mata ng Diyos, kaunti lamang sa Kanyang mga salita ang nagbunga; ito ay dahil hindi kailanman naunawaan ng tao ang orihinal na kahulugan ng Kanyang mga salita, at ang kanya lamang tinatanggap ay kung ano ang umaalingawngaw pabalik. Ito ba ang paraan para malaman ang kalooban ng Diyos? Sa malapit na hinaharap, dadami pa ang gawain ng Diyos para sa tao; matutupad ba ng tao ang gawaing iyan sa pamamagitan ng maliit na tayog na mayroon ang tao ngayon? Kung hindi lumilihis ay nagkakamali, o nagyayabang—ang kalikasan ng mga tao ay tila ganito. Mahirap ito na maunawaan para sa Akin: Bagama’t marami nang nasabi ang Diyos, bakit wala rito ang isinasapuso ng tao? Maaari kayang nagsasalita lamang nang pabiro ang Diyos sa tao at hindi naghahangad ng anumang resulta? O pinatatanghal sa tao ang isang dulaan na tinatawag na “Kaligayahan, Galit, Kalungkutan, at Galak”? Upang pasayahin ang tao sa isang sandali, at paiyakin sa susunod—at pagkatapos, kapag ang tao ay umalis na sa entablado, siya ay naiwan sa kanyang sariling mga pakana? Ano ang magiging resulta nito? “Bakit ang Aking mga hinihingi sa tao ay palaging nauuwi sa wala? Ito ba ay dahil mistulang hinihingi Ko sa isang aso na umakyat sa isang puno? Na lumilikha Ako ng labis na kuskus-balungos mula sa wala?” Ang lahat ng mga salita ng Diyos ay nakatuon sa tunay na kalagayan ng tao. Hindi makasasama na tingnan ang kalooban ng lahat ng tao, upang makita kung sino ang namumuhay ayon sa salita ng Diyos. “Maging sa kasalukuyan, malaking bahagi ng kalupaan ang patuloy na nagbabago. Kung balang-araw ang lupa ay talagang magbabago ng uri, agaran Ko itong isasantabi—hindi ba iyan mismo ang gawain Ko sa kasalukuyang yugto?” Tunay nga na kahit ngayon ay ginagawa ng Diyos ang gawaing ito; ang sinabi Niya tungkol sa “pagpapatalsik nito sa isang pitik ng Aking kamay” ay tumutukoy sa hinaharap, dahil kailangan na may proseso ang bawat bagay. Ang kasalukuyang takbo ng gawain ng Diyos ay ganito—malinaw ba ito sa inyo? Mayroong mga kapintasan ang mga hangarin ng tao, at sinamantala ng maruruming espiritu ang pagkakataon na makapasok. Sa panahong ito, “ang lupa ay nag-iiba ng uri.” Ang mga tao ay sasailalim sa pagbabago ng kalidad, bagama’t hindi pagbabago ng kanilang diwa, dahil mayroon pang ibang mga bagay sa mas pinaunlad na lupa. Sa ibang salita, ang orihinal na lupa ay mababang uri, ngunit matapos itong paunlarin, ito

ay maaari nang magamit. Subalit matapos itong magamit sa loob ng ilang panahon, at hindi na ito ginagamit, ito ay unti-unting babalik sa orihinal nitong anyo. Ito ay buod ng susunod na hakbang sa gawain ng Diyos. Ang gawain sa hinaharap ay magiging mas kumplikado, dahil ito ay panahon na paghihiwa-hiwalayin ang lahat ng bagay ayon sa kanilang uri. Sa lugar ng tagpuan, kapag ang lahat ay magwawakas na, hindi mapipigilan ang kaguluhan, at ang tao ay mawawalan ng matibay na paniniwala. Gaya lamang ito ng sinabi ng Diyos: “Ang mga tao ay pawang mga nagtatanghal na kumakanta kasabay ng anumang awiting pinatutugtog.” Ang mga tao ay may kakayahang kumanta kasabay ng anumang awiting pinatutugtog, kaya ginagamit ng Diyos ang kapintasang ito para magawa ang susunod na hakbang sa Kanyang gawain, upang mabigyang-kakayahan ang lahat ng tao na malunasan ang kakulangang ito. Dahil wala silang tunay na tayog kung kaya ang mga tao ay parang mga damong lumalago sa ibabaw ng pader. Kung magkaroon sila ng tayog, sila ay magiging matataas na mga puno na umaabot hanggang himpapawid. Sinasadya ng Diyos na gamitin ang isang bahagi ng gawain ng masasamang espiritu upang perpektuhin ang isang bahagi ng sangkatauhan, binibigyang-kakayahan ang mga taong ito na lubusang makita ang mga kasamaan ng demonyo, upang ang buong sangkatauhan ay maaaring tunay na makilala ang kanilang “mga ninuno”. Tanging sa ganitong paraan ganap na makakalaya ang mga tao, na hindi lamang tinatalikdan ang pamana ng mga diyablo, kundi pati ang mga ninuno ng mga diyablo. Ito ang tunay na hangarin ng Diyos sa ganap na paggapi ng malaking pulang dragon, upang makilala ng buong sangkatauhan ang tunay na anyo ng malaking pulang dragon, upang lubusang mapunit ang maskara nito at makita ang tunay nitong anyo. Ito ang ninanais ng Diyos na makamit, ito ang huling layunin ng lahat ng gawain Niya sa lupa, at ito ang hinahangad Niyang maisakatuparan sa buong sangkatauhan. Ito ay tinatawag na pagpapakilos sa lahat ng bagay para mapagsilbihan ang layunin ng Diyos.

Hinggil sa gawain sa hinaharap, malinaw ba sa inyo kung paano ito isasagawa? Ang mga bagay na ito ay dapat maunawaan. Halimbawa: Bakit sinasabi ng Diyos na ang mga tao ay hindi kailanman inaasikaso ang mga dapat nilang gawin? Bakit Niya sinasabi na maraming tao ang nabigong tapusin ang takdang gawain na ibinigay Niya sa kanila? Paano matutupad ang mga bagay na ito? Isinaalang-alang na ba ninyo ang mga tanong na ito? Naging paksa na ba ang mga ito ng iyong pakikipagbahagian? Sa yugtong ito ng gawain, dapat ipaunawa sa tao ang kasalukuyang mga hangarin ng Diyos. Sa sandaling ito ay nakamit, kung gayon ang ibang bagay ay maaaring talakayin—hindi ba ito isang magandang paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay? Kung ano ang inaasam ng Diyos na makamit sa tao ay kailangang maipaliwanag nang malinaw, kung hindi ay mawawalang-saysay ang lahat, at hindi makakaya ng tao na pumasok dito, at lalong hindi nila ito makamit, ang lahat ay magiging walang saysay na pagsasalita. Tungkol naman sa sinabi ng Diyos ngayong araw—nakasumpong ka na ba ng isang landas para maisagawa ito? Ang lahat ng mga tao ay mayroong pangamba tungkol sa mga salita ng Diyos. Hindi nila lubos na maunawaan ang mga ito, gayunman ay natatakot din sila na

magkasala sa Diyos. Sa kasalukuyan, ilang paraan ng pagkain at pag-inom ang natagpuan na? Karamihan sa mga tao ay hindi marunong kumain at uminom ng mga salita ng Diyos; paano ito malulutas? Nakahanap ka ba ng paraan ng pagkain at pag-inom sa mga salita ngayong araw? Paano mo ngayon sinusubukan na makipagtulungan na magawa ito? At sa sandaling kumain at uminom na kayong lahat ng mga salita, sa anong paraan ninyo tinatalakay ang inyong mga repleksyon sa mga ito? Hindi ba ito ang dapat gawin ng tao? Paano ba nagrereseta ang isang tao ng tamang gamot para sa isang karamdaman? Kailangan mo pa rin ba na ang Diyos ang tuwirang magbigkas nito? Ito ba ay kinakailangan? Paano lubusang mawawala ang mga suliraning binanggit sa itaas? Nakadepende ito kung kaya ninyong makipagtulungan sa Banal na Espiritu sa mga praktikal ninyong kilos. Kung mayroong angkop na pakikipagtulungan, ang Banal na Espiritu ay gagawa ng dakilang gawain. Kung walang angkop na pakikipagtulungan, ngunit sa halip ay kalituhan lamang, ang Banal na Espiritu ay hindi malalagay sa isang katayuan upang magamit ang Kanyang kapangyarihan. “Kung kilala mo ang iyong sarili at kilala mo ang iyong kaaway, kung gayon ay palaging mapapasaiyo ang tagumpay.” Kung sino man ang unang bumigkas ng mga salitang ito, ang mga iyon ay maaaring magamit nang pinakaakma sa inyo. Sa madaling sabi, dapat muna ninyong makilala ang inyong mga sarili bago ninyo makikilala ang inyong mga kaaway, at ang paggawa lamang sa dalawang ito ang magpapapanalo sa inyo sa bawat labanan. Ang lahat ng mga bagay na ito ang dapat na makayanan ninyong gawin. Anuman ang hinihingi sa iyo ng Diyos, kailangan mo lamang pagsikapan ito nang buo mong lakas, at umaasa Ako na makakapunta ka sa harapan ng Diyos at makapagbibigay sa Kanya ng iyong pinakamasidhing debosyon sa katapusan. Kung makikita mo ang nasisiyahang ngiti ng Diyos habang Siya ay nakaupo sa Kanyang trono, kung ito man ay ang oras ng iyong kamatayan, dapat mong makayang tumawa at ngumiti habang ipinipikit ang iyong mga mata. Dapat mong gawin ang iyong huling tungkulin sa Diyos sa iyong panahon sa lupa. Noon, si Pedro ay ipinako sa krus nang pabaligtad para sa Diyos; subalit dapat mong bigyang-kasiyahan ang Diyos sa katapusan, at ubusin ang lahat ng iyong lakas para sa Kanya. Ano ang maaaring gawin ng isang nilalang para sa Diyos? Dapat mong ibigay samakatuwid ang iyong sarili sa Diyos, nang mas maaga sa halip na mas huli, para maiwaksi ka Niya sa paraang nais Niya. Hangga’t napapasaya at nabibigyang-kaluguran nito ang Diyos, kung gayon ay hayaan Siyang gawin kung ano ang ninanais Niyang gawin sa iyo. Ano ang karapatan ng tao na bumigkas ng mga salita ng pagdaing?

Kabanata 42

Hindi Ko alam kung napansin na ng mga tao na may anumang pagbabago sa mga pahayag sa ngayon. Maaaring may nakitang kaunti ang ilang tao, ngunit hindi nangangahas na sabihin iyon nang tiyakan. Marahil ay walang anumang nahiwatigan

ang iba. Bakit nagkaroon ng gayon kalaking pagbabago sa mga pahayag ng Diyos sa pagitan ng ikalabindalawa at ng ikalabinlimang araw ng buwan? Napagnilayan mo na ba ito? Ano ang iyong pananaw? May naunawaan ka na bang anuman mula sa lahat ng pahayag ng Diyos? Ano ang pangunahing gawaing ginawa sa pagitan ng ikalawa ng Abril at ikalabinlima ng Mayo? Bakit walang kaalam-alam at tuliro ang mga tao ngayon na para bang pinalo sila ng batuta sa ulo? Ngayon, bakit walang mga tudling na pinamagatang “Mga Iskandalo ng mga Tao ng Kaharian”? Noong ikalawa at ikaapat ng Abril, hindi tinukoy ng Diyos ang kalagayan ng tao; gayundin, sa loob ng ilang araw pagkaraan ng araw na ito hindi Niya tinukoy ang kalagayan ng tao—bakit ganito? Tiyak na may palaisipang hindi pa nalulutas dito—bakit lubos na nabaligtad? Pag-usapan muna natin nang kaunti kung bakit nagsalita sa ganitong paraan ang Diyos. Tingnan natin ang mga unang salita ng Diyos, kung saan hindi Siya nag-aksaya ng oras sa pagsasabi, “Sa sandaling magsimula ang bagong gawain.” Ang pangungusap na ito ay nagbibigay sa iyo ng unang pahiwatig na ang gawain ng Diyos ay nakapasok na sa isang bagong simula, na minsan pa Siyang nagpasimula ng bagong gawain. Ipinakikita nito na ang pagkastigo ay malapit nang matapos; masasabing napasok na ang ruok ng pagkastigo, kaya nga kailangan ninyong samantalain ang inyong oras upang maranasan nang wasto ang gawain ng panahong ito ng pagkastigo, upang hindi kayo mapag-iwanan at mapabayaan. Lahat ng ito ay gawain ng tao, at kailangang gawin ng tao ang lahat upang makipagtulungan. Kapag naisagawa na ang buong pagkastigo, sisimulan ng Diyos ang susunod na bahagi ng Kanyang gawain, sapagkat sabi ng Diyos, “... kaya nagpatuloy na Akong isakatuparan ang Aking gawain sa tao.... Sa sandaling ito, puspos ng malaking galak ang puso Ko, sapagkat nakamit Ko na ang ilang tao, kaya nga wala na sa taghirap ang Aking ‘pagsisikap’; hindi na ito binubuo ng hungkag na mga salita.” Sa mga panahong nakaraan, nakita ng mga tao ang agarang kalooban ng Diyos sa Kanyang mga salita—walang kasinungalingan dito—at ngayo’y ginagawa ng Diyos nang mas mabilis ang Kanyang gawain. Para sa tao, tila hindi ito lubusang naaayon sa mga kinakailangan ng Diyos—ngunit para sa Diyos, natapos na ang Kanyang gawain. Dahil lubhang masalimuot ang mga iniisip ng mga tao, madalas ay masyadong kumplikado ang kanilang pananaw sa mga bagay-bagay. Masyadong maraming hinihiling ang mga tao sa mga tao, ngunit hindi gayon karami ang hinihiling ng Diyos sa tao, at dahil dito, makikita kung gaano kalaki ang pagkakaiba ng Diyos sa tao. Ang mga kuru-kuro ng mga tao ay nalalantad sa lahat ng ginagawa ng Diyos. Hindi sa maraming hinihiling ang Diyos sa mga tao at walang kakayahan ang mga tao na maisagawa ang mga iyon, kundi maraming hinihiling ang mga tao sa Diyos at hindi maisakatuparan ng Diyos ang mga iyon. Dahil, kasunod ng panggagamot, may mga epekto ito sa sangkatauhan, na nagawa nang tiwali ni Satanas sa loob ng libu-libong taon, lagi na tuloy maraming hinihiling ang mga tao sa Diyos, at hindi man lang sila mapagbigay kahit bahagya, sa matinding takot na hindi nasisiyahan ang Diyos. Sa gayon, ang katunayan na hindi kayang gawin ng mga tao ang maraming bagay ay isang paraan kung saan

kinakastigo nila ang kanilang sarili; tinitiiis nila ang mga bunga ng sarili nilang mga kilos—ito ay lubos na pagdurusa. Sa paghihirap na tinitiiis ng mga tao, mahigit 99% ang kinaiinisan ng Diyos. Sa tahasang salita, wala pang sinumang tunay na nagdusa para sa Diyos. Tinitiiis ng mga tao ang mga bunga ng sarili nilang mga kilos—at ang hakbang na ito ng pagkastigo, mangyari pa, ay hindi naiiba; isang mapait na inumin ito na pakulo ng tao, na siya mismo ang nag-aangat sa kanyang bibig upang inumin. Dahil hindi pa naihayag ng Diyos ang tunay na layunin ng Kanyang pagkastigo, bagama’t may ilang tao na isinumpa, hindi ito kumakatawan sa pagkastigo. Pinagpala ang ilang tao, ngunit hindi ito nangangahulugan na pagpapalain sila sa hinaharap. Para sa tao, tila ang Diyos ay isang Diyos na hindi tumutupad sa Kanyang sinabi. Huwag kang mag-alala. Maaaring lumabis nang kaunti ang mga salitang ito, ngunit huwag kang maging negatibo. Ang Aking sinasabi ay may kaunting kaugnayan sa pagdurusa ng tao, subalit palagay Ko ay kailangan mong magtatag ng mabuting kaugnayan sa Diyos. Dapat mo Siyang bigyan ng mas maraming “handog”—tiyak na magpapasaya iyon sa Kanya. Tiwala Ako na mahal ng Diyos ang mga nagbibigay sa Kanya ng mga “handog.” Ano ang masasabi mo? Tama ba ang mga salitang ito?

Sa ngayon, gaano sa inyong mga inaasam ang naisantabi na ninyo? Matatapos na ang gawain ng Diyos, kaya malamang naisantabi na ninyo humigit kumulang ang lahat ng inaasam ninyo, tama ba? Mabuti pang suriin ninyo ang inyong sarili: Lagi ninyong gustong tumayo nang mataas, dinadakila at ipinaparada ang inyong sarili—ano ito? Ngayon, hindi Ko pa rin alam kung ano ang mga inaasam ng mga tao. Kung tunay na nabubuhay ang mga tao sa gitna ng dagat-dagatan ng pagdurusa, kapag sila ay nabubuhay sa gitna ng pagpipino ng kahirapan o kaya ay sa ilalim ng banta ng iba-ibang kagamitan sa pagpapahirap, o kapag nabubuhay sila sa panahon ng pagtangga ng lahat ng tao, na nakatingala sa kalangitan at bumubuntung-hininga nang malalim, sa kanilang mga naiisip sa gayong mga pagkakataon, marahil, ay maaari nilang isantabi ang kanilang mga inaasam. Ito ay dahil hinahanap ng mga tao ang isang ulirang lugar sa ibang mundo sa gitna ng kawalan ng pag-asa, at wala pang sinumang nasa maginhawang sitwasyon ang tumigil na sa kanyang pagsisikap na makamit ang sarili niyang magagandang pangarap. Maaaring hindi ito makatotohanan, ngunit sana’y wala ito sa puso ng mga tao. Nais pa rin ba ninyong madala habang nabubuhay? Nais pa rin ba ninyong mabago ang inyong anyo sa laman? Hindi Ko alam kung pareho ang inyong opinyon, ngunit palagi Ko nang nadarama na hindi ito makatotohanan—ang gayong mga ideya ay tila masyadong marangya. Sinasabi ng mga tao ang mga bagay na katulad nito: “Isantabi ang iyong mga inaasam, maging mas makatotohanan.” Hinihiling mo na iwaksi ng mga tao ang mga kaisipang pagpalain sila—ngunit paano ka naman? Sinasalungat mo ba ang mga ideya ng mga tao na pagpalain sila samantalang ikaw mismo ay naghahangad ng mga pagpapala? Hindi mo pinapayagan ang iba na tumanggap ng mga pagpapala, samantalang lihim mo mismong iniisip ang mga iyon—ano ka ngayon? Manloloko! Kapag kumikilos ka nang ganyan, hindi ka ba nakokonsiyensya? Sa puso mo, hindi

ka ba nakakaramdam ng pagkakautang? Hindi ka ba isang manloloko? Hinuhukay mo ang mga salita sa puso ng iba, ngunit wala kang sinasabi tungkol sa nasa iyong sarili—napakawalang kuwenta mong tao! Ano kaya ang iniisip ninyo sa inyong puso kapag nagsasalita kayo—hindi ba kayo nauusig ng Banal na Espiritu? Hindi ba nito binabagabag ang inyong dignidad? Talagang hindi ninyo alam kung ano ang mabuti para sa inyo! Katulad lang kayong lahat palagi ni G. Nanguo—mga impostor. Kaya pala nilalagyan ng Diyos ng mga panipi sa magkabilang dulo ang “ialay ang kanilang sarili” sa “lahat ng tao ay handang ‘ialay ang kanilang sarili.’” Kilala ng Diyos ang tao na gaya ng likod ng Kanyang kamay, at gaano man katuso ang panlilinlang ng tao—kahit hindi siya nagpapahalata at hindi namumula ang kanyang mukha ni hindi bumibilis ang tibok ng kanyang puso—nagniningning ang mga mata ng Diyos, kaya laging nahihirapan ang tao na matakasan ang titig ng Diyos. Para bang may x-ray vision ang Diyos at nakikita ang mga lamang-loob ng tao, na para bang nakikita Niya ang kalooban ng mga tao at natutukoy ang tipo ng kanilang dugo kahit hindi ito suriin. Ganyan ang karunungan ng Diyos, at hindi ito kayang gayahin ng tao. Sabi nga ng Diyos, “Bakit Ako nakagawa na ng napakaraming gawain, subalit walang patunay nito sa mga tao? Hindi pa ba sapat ang Aking pagsisikap?” Ang pakikipagtulungan ng tao sa Diyos ay kulang na kulang, at masasabi na napakaraming negatibo sa kalooban ng tao, at bihirang magkaroon ng anumang pagkapositibo sa mga tao. Paminsan-minsan lamang sila nagkakaroon ng kaunting pagkapositibo, ngunit lubhang bulok iyon. Ipinapakita lamang nito kung gaano kamahal ng mga tao ang Diyos; para bang sa puso nila ay may isang bahagi lamang sa isandaang milyon na pagmamahal para sa Diyos, kung saan 50% ay bulok pa rin. Kaya nga sinasabi ng Diyos na wala Siyang natatamong patunay sa tao. Dahil mismo sa pagsuway ng tao kaya ang tono ng mga pahayag ng Diyos ay lubhang walang-puso at manhid. Bagama’t hindi nakikipag-usap ang Diyos sa tao tungkol sa mga panahong nagdaan, laging gusto ng mga tao na gunitain ang nakaraan, upang ipakita ang kanilang sarili sa harap ng Diyos, at lagi nilang gustong pag-usapan ang mga panahong nagdaan—subalit hindi kailanman itinuring ng Diyos ang kahapon ng tao bilang ngayon; sa halip, pinakikitunguhan Niya ang mga tao ngayon ayon sa ngayon. Ito ang saloobin ng Diyos, at dito, malinaw nang sinabi ng Diyos ang mga salitang ito, upang pigilan ang mga tao sa pagsasabi sa hinaharap na masyadong hindi makatwiran ang Diyos. Sapagkat hindi gumagawa ang Diyos ng mga maling bagay, kundi sinasabi Niya sa mga tao ang mga katotohanan, kung hindi ay hindi magagawa ng mga tao na manindigan—sapagkat ang tao, matapos ang lahat, ay mahina. Ngayong narinig na ninyo ang mga salitang ito, paano na: Handa ba kayong makinig at magpasakop, at huwag na itong isipin pa?

Ang binanggit sa itaas ay walang kaugnayan sa paksa; hindi mahalaga kung pinaguusapan ito o hindi. Sana’y hindi kayo magtangi, dahil pumaparito ang Diyos upang gawin ang gawain ng mga salita, at gusto Niyang pag-usapan ang lahat ng bagay. Ngunit magkagayunman ay basahin pa rin sana ninyo ang mga iyon, at hindi balewalain

ang mga salitang ito. Ano ang masasabi ninyo? Gagawin ba ninyo iyon? Kasasabi pa lamang na sa mga salita ngayon ay naghayag ang Diyos ng bagong impormasyon: Ang pamamaraan ng paggawa ng Diyos ay magbabago na. Sa gayon, makabubuting magtuon sa mainit na paksang ito mismo. Masasabi na lahat ng binigkas ngayon ay nagpopropesiya ng mga mangyayari sa hinaharap; ang mga pahayag na ito ay ang paraan ng Diyos sa pagsasaayos para sa susunod na hakbang ng Kanyang gawain. Halos tapos na ng Diyos ang Kanyang gawain sa mga tao ng iglesia, at pagkatapos ay magpapakita Siya sa lahat ng tao nang may galit. Sabi nga ng Diyos, “Papangyarihin Ko na kilalanin ng mga tao sa lupa ang Aking mga ginagawa, at mapapatunayan ang Aking mga gawa sa harap ng ‘luklukan ng paghatol,’ upang ang mga iyon ay kilalanin ng mga tao sa buong daigdig, na magsisisukong lahat.” May nakita ba kayong anuman sa mga salitang ito? Narito ang buod ng susunod na bahagi ng gawain ng Diyos. Una, papangyarihin ng Diyos na lubos na makumbinsi ang lahat ng asong bantay na may-kapangyarihan sa pulitika at paaatrasin sila nang may pagkukusa mula sa yugto ng kasaysayan, upang hindi na muling makipag-agawan kailanman para sa katayuan, at hindi na muling mag-abala kailanman sa mga pakana at intriga. Ang gawaing ito ay kailangang isakatuparan sa pamamagitan ng Diyos, sa pamamagitan ng pagpapadala ng iba-ibang kalamidad sa lupa. Ngunit hindi talaga sa ganitong sitwasyon magpapakita ang Diyos. Sa panahong ito, ang bansa ng malaking pulang dragon ay magiging lupain pa rin ng karumihan, at samakatuwid ay hindi magpapakita ang Diyos, kundi lalabas lamang sa pamamagitan ng pagkastigo. Ganyan ang matuwid na disposisyon ng Diyos, na hindi matatakan ninuman. Sa panahong ito, lahat ng nananahan sa bansa ng malaking pulang dragon ay daranas ng kalamidad, na natural lamang na kasama ang kaharian sa lupa (ang iglesia). Ito ang mismong panahon kung kailan lalabas ang mga katunayan, kaya nga mararanasan ito ng lahat ng tao, at walang sinumang makakatakas. Itinalaga na ito ng Diyos. Dahil mismo sa hakbang na ito ng gawain kaya sinasabi ng Diyos, “Ngayon ang panahon upang isakatuparan ang malalaking plano.” Dahil, sa hinaharap, wala nang iglesia sa lupa, at dahil sa pagdating ng matinding kapahamakan, ang makakaya lamang isipin ng mga tao ay ang nasa harapan nila, at kaliligtaan na nila ang iba pa, at magiging mahirap para sa kanila na matamasa ang Diyos sa gitna ng matinding kapahamakan. Sa gayon, hinihiling sa mga tao na buong-puso nilang mahalin ang Diyos sa kamangha-manghang panahong ito, upang hindi sila malagpasan ng pagkakataon. Kapag lumipas na ang katunayang ito, lubusan nang natalo ng Diyos ang malaking pulang dragon, at sa gayon ay nagwakas na ang gawain ng patotoo ng mga tao ng Diyos; pagkatapos, sisimulan ng Diyos ang susunod na hakbang ng gawain, ang pagwasak sa bansa ng malaking pulang dragon, at sa kahulihulihan ay ipapako sa krus nang pabaligtad ang lahat ng tao sa buong sansinukob, at pagkatapos ay lilipulin Niya ang buong sangkatauhan—ito ang mga hakbang ng gawain ng Diyos sa hinaharap. Sa gayon, dapat ninyong hangaring gawin ang lahat para mahalin ang Diyos sa payapang kapaligirang ito. Sa hinaharap mawawalan na kayo ng

mga pagkakataong mahalín ang Diyos, sapagkat may pagkakataon lamang ang mga tao na mahalín ang Diyos sa laman; kapag nabubuhay na sila sa ibang mundo, wala nang sinumang magsasalita tungkol sa pagmamahal sa Diyos. Hindi ba ito ang responsibilidad ng isang nilalang? Kaya nga paano ninyo dapat mahalín ang Diyos sa mga panahon ng inyong buhay? Naisip mo na ba ito kahit kailan? Naghihintay ka ba hanggang sa mamatay ka para mahalín ang Diyos? Hindi ba ito hungkag na pananalita? Ngayon, bakit hindi mo patuloy na sinisikap mahalín ang Diyos? Tunay na pagmamahal ba sa Diyos ang mahalín Siya habang nananatili kang abala? Kaya sinabi na ang hakbang na ito ng gawain ng Diyos ay magwawakas na ay dahil may patotoo na ang Diyos sa harap ni Satanas. Sa gayon, wala nang kailangang gawin ang tao; hinihiling lamang sa tao na patuloy na sikaping mahalín ang Diyos sa mga taon ng kanyang buhay—ito ang susi. Dahil ang mga hinihiling ng Diyos ay hindi malaki, at, bukod pa rian, dahil may nag-aalab na pagkabalisa sa Kanyang puso, nagbunyag na Siya ng isang buod ng susunod na hakbang ng gawain bago matapos ang hakbang na ito ng gawain, na malinaw na nagpapakita kung gaanong panahon pa ang natitira; kung hindi nababalisa ang Diyos sa Kanyang puso, bibigkasin ba Niya ang mga salitang ito nang napakaaga? Dahil maikli ang panahon kung kaya gumagawa ang Diyos sa ganitong paraan. Sana’y makaya ninyong mahalín ang Diyos nang buong puso, buong isipan, at buong lakas, tulad ng pagmamahal ninyo sa inyong sariling buhay. Hindi ba ito isang buhay na napakamakahulugan? Saan pa ninyo matatagpuan ang kahulugan ng buhay? Hindi ba kayo nagpapakabulag? Handa ka bang mahalín ang Diyos? Nararapat ba ang Diyos sa pagmamahal ng tao? Nararapat ba ang mga tao sa pagsamba ng tao? Kaya, ano ang dapat mong gawin? Mahalín mo ang Diyos nang may tapang, nang walang pag-aalinlangan, at tingnan mo kung ano ang gagawin ng Diyos sa iyo. Tingnan mo kung papaslangin ka Niya. Sa kabuuan, ang atas na mahalín ang Diyos ay mas mahalaga kaysa ang kopyahin at isulat ang mga bagay-bagay para sa Diyos. Dapat mong unahin kung ano ang pinakamahalaga, upang ang iyong buhay ay magkaroon ng higit na halaga at mapuspos ng kaligayahan, at pagkatapos ay dapat mong hintayin ang “hatol” ng Diyos para sa iyo. Iniisip Ko kung kasama kaya sa plano mo ang mahalín ang Diyos. Ang mga plano sana ng lahat ay yaong tinatapos ng Diyos, at sana magkatotoo ang lahat ng iyon.

Kabanata 44 at 45

Mula nang sabihin ng Diyos sa tao ang tungkol sa “pagmamahal sa Diyos”—ang pinakamalalim sa lahat ng aralin—nagtuon na Siya sa pagsasalita tungkol sa paksang ito sa “ang mga pahayag ng pitong Espiritu,” na naging dahilan upang subukan ng lahat ng tao na unawain ang kahungkagan ng buhay ng tao, at sa gayon ay mailabas ang tunay na pagmamahal na nasa kanilang kalooban. Gaano kalaki ang pagmamahal sa Diyos ng mga taong umiiral sa kasalukuyang hakbang? Alam ba ninyo? Walang

hangganang ang aralin tungkol sa “pagmamahal sa Diyos.” Anong uri ng pag-unawa ang taglay ng lahat ng tao tungkol sa buhay ng tao? Ano ang kanilang saloobin ukol sa pagmamahal sa Diyos? Gusto ba nila o ayaw? Sinusundan ba nila ang mga masa, o kinasusuklaman ang laman? Ito ang lahat ng bagay na dapat mong malinawan at maunawaan. Wala ba talagang anuman sa kalooban ng mga tao? “Ibig Kong tunay Akong mahalin ng tao; gayunman, ngayon ay nagpapabagal pa rin ang mga tao, hindi nila Ako magawang mahalin nang tunay. Sa kanilang mga imahinasyon, naniniwala sila na kung tunay nila Akong mamahalin, walang malalabi sa kanila.” Sa mga salitang ito, ano ba talaga ang ibig sabihin ng “tunay na pagmamahal”? Bakit hinihiling pa rin ng Diyos ang tunay na pagmamahal ng mga tao sa panahong ito na “mahal ng lahat ng tao ang Diyos”? Sa gayon, ang layunin ng Diyos ay hilingin sa tao na isulat ang kahulugan ng tunay na pagmamahal sa isang papel, kaya ito mismo ang takdang-aralin na naitalaga ng Diyos sa tao. Tungkol sa hakbang na ito ngayon, kahit hindi malalaki ang hinihingi ng Diyos sa tao, hindi pa rin naaabot ng mga tao ang orihinal na mga hinihingi ng Diyos sa tao; sa madaling salita, hindi pa nila ibinubuhos ang buong lakas nila sa pagmamahal sa Diyos. Sa gayon, kahit ayaw nila, humihingi pa rin ang Diyos sa mga tao, hanggang sa magkaroon ng bisa ang gawaing ito at magtamo Siya ng kaluwalhatian sa gawaing ito. Tunay ngang ang gawain sa lupa ay nagtatapos sa pagmamahal sa Diyos. Sa gayon, kapag tinapos ng Diyos ang Kanyang gawain, saka lamang Niya ipinahihiwatig sa tao ang pinakamahalaga sa lahat ng gawain. Kung bibigyan Niya ng kamatayan ang tao kapag nagwakas na ang Kanyang gawain, ano ang mangyayari sa tao, ano ang mangyayari sa Diyos, at ano ang mangyayari kay Satanas? Kapag naihayag na ang pagmamahal ng tao sa lupa, saka lamang masasabi na “nalupig na ng Diyos ang tao.” Kung hindi, sasabihin ng mga tao na inaapi ng Diyos ang tao, at sa gayon ay mapapahiya ang Diyos. Hindi magpapakahangal ang Diyos para walang imik na wakasan ang Kanyang gawain. Sa gayon, kapag malapit nang matapos ang gawain, nag-aalab ang pagnanasang mahalin ang Diyos, at ang nagiging paksa ng usapan ang pagmamahal sa Diyos. Mangyari pa, ang pagmamahal na ito sa Diyos ay hindi narungisan ng tao; ito ay isang walang-halong pagmamahal, tulad ng pagmamahal ng isang babaeng tapat sa kanyang asawa, o ng pagmamahal ni Pedro. Hindi gusto ng Diyos ang pagmamahal nina Job at Pablo, kundi ang pagmamahal ni Jesus kay Jehova, ang pagmamahal sa pagitan ng Ama at ng Anak: “iniisip lamang ang Ama, nang walang pagsasaalang-alang sa personal na kawalan o pakinabang, minamahal lamang ang Ama, at wala nang iba, at wala nang iba pang hinihingi.” Kaya ba ito ng tao?

Kung ihahambing ka natin sa ginawa ni Jesus, Siya na hindi ganap ang pagkatao, ano ang iniisip natin? Gaano kalayo ang narating ninyo sa inyong ganap na pagkatao? Kaya ba ninyong abutin ang isang ikasampu ng ginawa ni Jesus? Karapat-dapat ba kayong pumunta sa krus para sa Diyos? Kaya bang magdulot ng kahihiyan kay Satanas ang inyong pagmamahal sa Diyos? At gaano na ang naalis sa inyong pagmamahal sa tao? Nahalinhan na ba ito ng pagmamahal sa Diyos? Talaga bang tinitiiis ninyo ang lahat

alang-alang sa pagmamahal sa Diyos? Mag-isip sandali tungkol kay Pedro, na nabuhay sa mga nakalipas na panahon, at saka ninyo tingnan ang inyong sarili, na nabubuhay ngayon—talagang may malaking pagkakaiba; hindi kayo karapat-dapat na tumayo sa harap ng Diyos. Sa inyong kalooban, mayroon bang higit na pagmamahal sa Diyos, o higit na pagmamahal sa diyablo? Dapat itong ilagay nang halinhinan sa kaliwa at kanang panig ng timbangan, upang makita kung alin ang mas mabigat—gaano ba talaga kalaking pagmamahal sa Diyos ang nasa inyong kalooban? Karapat-dapat ba kayong mamatay sa harap ng Diyos? Kaya nagawa ni Jesus na tumayo sa krus ay dahil sapat ang Kanyang mga karanasan sa lupa upang magdulot ng kahihiyan kay Satanas, at dahil lamang doon kaya buong tapang Siyang pinayagan ng Diyos Ama na tapusin ang yugtong iyon ng gawain; ito ay dahil sa hirap na Kanyang naranasan at sa Kanyang pagmamahal sa Diyos. Ngunit kayo karapat-dapat na gawin iyon. Sa gayon, kailangan ninyong patuloy na maranasan, hanggang sa maisapuso ninyo ang Diyos, at wala nang iba—kaya ba ninyong gawin ito? Mula rito, makikita kung gaano kalaki ang iyong pagkamuhi sa Diyos, at kung gaano mo kamahal ang Diyos. Hindi dahil sa maraming hinihingi ang Diyos sa tao, kundi dahil hindi nagsusumikap ang tao. Hindi ba ito ang totoong sitwasyon? Kung hindi, gaano karami ang kaibig-ibig na matutuklasan mo sa Diyos, at gaano karami ang kasuklam-suklam na makikita mo sa iyong sarili? Dapat mong maingat na suriin ang mga bagay na ito. Makatwirang sabihin na kakaunti lamang sa ilalim ng kalangitan ang nagmamahal sa Diyos—ngunit maaari bang ikaw ang manguna, na sisira sa nakamit na ng mundo at mahalin ang Diyos? Walang hinihiling ang Diyos sa tao. Hindi ba Siya mabibigyan ng tao ng kaunting karangalan para dito? Pati ba ito ay hindi mo kayang matamo? Ano pa ang dapat pag-usapan?

Kabanata 46

Sa lahat ng mga salitang ito, walang higit na di-malilimutan kaysa roon sa ngayon. Ibinunyag ng mga salita ng Diyos noong una ang mga kalagayan ng tao o mga hiwaga ng langit, gayunman ang kasalukuyang pagbigkas na ito ay di-tulad niyaong sa nakaraan. Hindi ito nanunuya o nanunukso, kundi isang bagay na ganap na di-inaasahan: Ang Diyos ay nakaupo at kalmadong nakikipag-usap sa mga tao. Ano ang Kanyang layunin? Anong nakikita ninyo kapag sinasabi ng Diyos, “Ngayon, nagsimula na Ako ng bagong gawain sa ibabaw ng mga sansinukob. Nabigyan Ko na ang mga tao sa lupa ng bagong pasimula, at hiningi Ko na sa kanilang lahat na umalis sa Aking sambahayan. At dahil laging gusto ng mga tao na magpasasa sa kanilang mga sarili, pinapayuhan Ko sila na magkaroon ng kamalayan sa sarili, at na huwag laging gambalain ang Aking gawain”? At ano itong “bagong pasimula” na sinasabi ng Diyos? Pinayuhan na ng Diyos ang mga tao na umalis noong una, ngunit ang layunin ng Diyos noon ay subukin ang kanilang pananampalataya. Kaya ngayon, kapag Siya ay

nagsasalita na may ibang tono, Siya ba ay nagiging totoo o hindi? Noon, hindi alam ng mga tao ang mga pagsubok na sinasabi ng Diyos. Sa pamamagitan lang ng hakbang ng gawain ng mga taga-serbisyo kaya nakita ng kanilang mga mata, at personal nilang naranasan, ang mga pagsubok ng Diyos. Sa gayon, mula sa panahong iyon, dahil sa halimbawa ng daan-daang pagsubok ni Pedro, malimit nagkamali ang mga tao sa paniniwalang “ito ay pagsubok ng Diyos.” Higit pa rito, dumating ang mga katunayan sa mga salita ng Diyos ngunit bihira. Sa gayon, ang mga tao ay lalo pang nalubog sa bulag na mga paniniwala tungkol sa mga pagsubok ng Diyos, kaya’t sa lahat ng salitang sinabi ng Diyos, hindi sila kailanman naniwalang ito ay gawain ng mga katunayang isinakatuparan ng Diyos; sa halip, naniwala sila na ang Diyos, na walang ibang gagawin, ay partikular na gumagamit ng mga salita upang subukin ang mga tao. Sa kalagitnaan ng gayong mga pagsubok, na walang pag-asa at gayunma’y tila nag-aalok ng pag-asa, na ang mga tao ay sumunod, kaya’t matapos sabihin ng Diyos “lahat ng nananatili ay malamang na magdanas ng kasawian at bahagyang suwerte,” itinuon pa rin ng mga tao ang kanilang pansin sa pagsunod, at sa gayon ay walang intensyong umalis. Sumunod ang mga tao sa gitna ng gayong mga ilusyon, at wala ni isa man sa kanila ang nangahas na tiyaking walang pag-asa—bahagi ito ng patunay ng tagumpay ng Diyos. Ang pananaw ng Diyos ay nagpapakita na minamaniobra Niya ang lahat upang gumawa ng serbisyo sa Kanya. Ang mga ilusyon ng mga tao ay humihimok sa kanila na huwag iwanan ang Diyos, anumang oras o saanmang lugar, kaya’t sa panahon ng hakbang na ito ginagamit ng Diyos ang di-perpektong mga motibasyon ng mga tao upang pangyarihin na magpatotoo sila sa Kanya, na siyang malalim na kabuluhan kapag sinasabi ng Diyos na, “nakamit Ko na ang ilang tao.” Ginagamit ni Satanas ang mga motibasyon ng tao upang magdulot ng mga paggambala, samantalang ginagamit ng Diyos ang mga motibasyon ng tao upang paglingkurin siya—ito ang tunay na kahulugan ng mga salita ng Diyos na “iniisip ng mga tao na makalulusot sila papasok, ngunit nang iniaabot na nila ang kanilang huwad na mga pahintulot sa pagpasok, itinatapon Ko kaagad-agad ang mga iyon sa hukay ng apoy, at nang makita na ang kanilang sariling ‘mabusising mga pagsisikap’ ay natutupok sa apoy, nawawalan sila ng pag-asa.” Minamaniobra ng Diyos ang lahat ng bagay upang paglingkurin ang mga ito, kaya’t hindi Niya iniawasan ang sari-saring mga opinyon ng tao, bagkus ay matapang na sinasabi sa mga tao na umalis; ito ang pagiging kamangha-mangha at karunungan ng gawain ng Diyos—pinagsasama ang tapat na mga salita at ang pamamaraan sa isa, iniwan ang mga tao na nahihilo at tuliro. Mula rito ay makikita na talagang hinihingi ng Diyos sa mga tao na umalis sa Kanyang tahanan, na ito ay hindi isang uri ng pagsubok, at sinasamantala ng Diyos ang pagkakataong ito upang sabihing, “Gayunman ay sinasabi Ko rin sa mga tao na kapag nabigo silang magkamit ng mga pagpapala, walang maaaring magreklamo tungkol sa Akin.” Walang sinumang makaintindi kung ang mga salita ng Diyos ay tunay o hindi, gayunman ay ginagamit ng Diyos ang pagkakataong ito upang patatagin ang mga tao, upang alisin sa kanila ang kanilang pagnanasang umalis.

Sa gayon, kung isang araw sila ay isumpa, sila ay pauna nang binalaan ng mga salita ng Diyos, gaya na lang ng sinasabi ng mga tao na “ang mga salitang hindi kanais-nais na marinig ay ang mabubuti.” Ngayon, ang pag-ibig ng mga tao sa Diyos ay taimtim at taos-puso, kaya’t sa mga salita na hindi nila masabi kung tunay o hindi, sila ay nalupig at natutong mahalin ang Diyos, na siyang dahilan kung bakit sinabi ng Diyos “Natupad Ko na ang Aking dakilang gawain.” Kapag sinasabi ng Diyos, “Umaasa Akong makikita nila ang kanilang sariling landas upang manatiling buhay. Wala Akong kapangyarihan dito,” ito ang realidad ng pagbigkas ng Diyos sa lahat ng salitang ito—gayunman ay hindi ganoon ang iniisip ng mga tao; sa halip, lagi na silang sumunod nang hindi nagbibigay ng kahit katiting na pansin sa mga salita ng Diyos. Sa gayon, kapag sinasabi ng Diyos, “sa hinaharap, hindi na magkakaroon pa ng anumang mga salita sa pagitan namin, hindi na kami magkakaroon ng anumang pag-uusapan pa, hindi namin pakikialaman ang isa’t isa, yayaon kaming pareho sa aming sariling daan,” ang mga salitang ito ay realidad, at walang dungis kahit na katiting. Anuman ang iniisip ng mga tao, gayon ang di-pagkamakatwiran ng Diyos. Nagpatotoo na ang Diyos sa harap ni Satanas, at sinabi ng Diyos na pangyayarihin Niyang hindi Siya iwanan ng lahat ng tao, anumang oras o saanmang lugar—kaya’t ang hakbang na ito ng gawain ay natapos na, at hindi binibigyang-pansin ng Diyos ang mga hinaing ng tao. Gayunman ay nilinaw na ito ng Diyos mula sa umpisa, kaya’t ang mga tao ay naiwan na walang magawa, napilitang lunukin ang kanilang galit at pigilan ang kanilang mga dila. Ang labanan sa pagitan ng Diyos at ni Satanas ay lubusang nakabatay sa tao. Walang kontrol ang mga tao sa kanilang mga sarili, sila ay ganap na mga tau-tauhan, habang ang Diyos at si Satanas ang siyang humahatak ng mga kuwerdas sa likuran ng mga tagpo. Kapag ginagamit ng Diyos ang mga tao upang magpatotoo sa Kanya, ginagawa Niya ang lahat ng Kanyang maiisip, lahat ng posible, upang gamitin ang mga tao na gumawa ng serbisyo sa Kanya, sinasanhi ang mga tao na mapaikot ni Satanas, at, higit pa rito, mapamahalaan ng Diyos. At kapag ang patotoo na nais ng Diyos na patotohanan ay natapos na, itinatapon Niya ang mga tao sa isang tabi at iniwan silang nagdurusa, habang kumikilos na parang wala Siyang kinalaman sa kanila. Kapag nais Niyang muling gamitin ang mga tao, pinupulot Niyang muli sila at ginagamit sila, at walang kamalay-malay ang mga tao rito ni katiting. Sila ay tulad lang ng baka o kabayo na ginagamit ayon sa kagustuhan ng amo nito, walang sinuman sa mga ito ang may anumang kontrol sa kanilang mga sarili. Maaaring nakalulungkot itong pakinggan, ngunit maging may kontrol man o wala ang mga tao sa kanilang mga sarili, ang paggawa ng serbisyo sa Diyos ay isang karangalan, hindi isang bagay na dapat ikasama ng loob. Para bang ang Diyos ay dapat na kumilos sa ganitong paraan. Ang kakayahan bang bigyang-kasiyahan ang pangangailangan ng Makapangyarihan sa lahat ay hindi isang bagay na dapat ipagmalaki? Kaya, ano sa palagay mo? Itinakda mo na ba ang iyong pagpapasya na gumawa ng serbisyo para sa Diyos? Maaari kayang ninanais mo pa ring panghawakan ang karapatang hanapin ang iyong sariling kalayaan?

Kahit anupaman, lahat ng ginagawa ng Diyos ay mabuti at karapat-dapat na tularan, at ang tao at ang Diyos, matapos ang lahat, ay magkaiba. Sa batayang ito, dapat mong mahalin ang Diyos nang may pantaong puso maging mayroon man o walang anumang pagpapahalaga ang Diyos sa iyong pag-ibig. Ipinakikita ng mga salita ng Diyos na mayroon ding matinding kalungkutan sa puso ng Diyos. Dahil lang sa mga salita ng Diyos kaya ang mga tao ay pinipino. Gayunman ang gawaing ito, matapos ang lahat, ay nangyari kahapon—kaya, ano nga ba talaga ang susunod na gagawin ng Diyos? Nananatili itong isang lihim hanggang sa araw na ito, at sa gayon hindi magawa ng mga taong maunawaan o maarok ito, at maaari lang umawit kasabay ng musika ng Diyos. Magkagayunman, lahat ng sinasabi ng Diyos ay tunay, at lahat ng ito ay nagkakatatotoo—wala itong alinlangan!

IKATLONG BAHAGI
ANG MGA SALITA NI CRISTO
NANG SIYA'Y NAGLAKAD
SA MGA IGLESIA

(HUNYO 1992 HANGGANG MARSO 23, 2010)

Panimula

Ang bahaging ito ng mga salita ng Diyos ay naglalaman ng kabuuang apat na seksyon na pawang ipinahayag ni Cristo sa pagitan ng Hunyo 1992 at Marso 23, 2010. Karamihan ay batay sa mga pagtatala ng mga sermon at pagbabahagi ni Cristo nang maglakbay Siya sa mga iglesia. Hindi pa nabago ang mga ito sa anumang paraan, ni hindi pa rin nabago ang mga ito ni Cristo kalaunan. Ang natitirang mga bahagi ay personal na isinulat ni Cristo (kapag nagsusulat si Cristo, ginagawa Niya iyon nang isang upuan, na hindi humihinto para mag-isip o magsagawa ng anumang pag-edit, at ang Kanyang mga salita ay ganap na pagpapahayag ng Banal na Espiritu—ito ay hindi mapagdududahan). Sa halip na paghiwalayin ang dalawang uring ito ng pahayag, inilahad namin ang mga ito nang sabay-sabay, gamit ang orihinal na pagkakasunud-sunod ng pagkahayag sa mga ito; tinutulutan tayo nitong makita, mula sa kabuuan ng Kanyang mga pahayag, ang mga hakbang ng gawain ng Diyos, at maunawaan kung paano Siya gumagawa sa bawat yugto, na kapaki-pakinabang sa kaalaman ng mga tao tungkol sa mga hakbang ng gawain ng Diyos at ng karunungan ng Diyos.

Ang unang walong kabanata ng “Ang mga Salita ni Cristo Nang Siya’y Naglakad sa mga Iglesia I”—na sama-samang tinutukoy na “Ang Landas”—ay isang maliit na bahagi ng mga salitang sinambit ni Cristo habang Siya ay nasa pantay na katayuan ng tao. Sa kabila ng kanilang maliwanag na kawalan ng sigla, napupuno sila ng pagmamahal at pagmamalasakit ng Diyos para sa sangkatauhan. Bago ito, nangusap ang Diyos mula sa pananaw ng ikatlong langit, na nagbukas ng malaking agwat sa pagitan Niya at ng tao, at dahil dito ay natakot ang mga tao na lumapit sa Diyos, lalong hindi sila humihiling sa Kanya na paglaanan ang kanilang buhay. Sa “Ang Landas,” samakatuwid, nangusap ang Diyos sa tao bilang isang kapantay nila at itinuro ang direksyon ng daan, kaya napanumbalik ang relasyon ng tao sa Diyos sa orihinal nitong kalagayan; hindi na nagduda ang mga tao kung gumagamit pa rin ang Diyos ng isang pamamaraan ng pagsasalita, at hindi na nabagabag ng takot sa pagsubok ng kamatayan. Bumaba ang Diyos mula sa ikatlong langit papunta sa lupa, humarap ang mga tao sa luklukan ng Diyos mula sa lawa ng apoy at asupre, pinalayas nila ang multo ng “mga tagapagsilbi,” at gaya ng mga bagong-silang na guya, opisyal nilang tinanggap ang bautismo ng mga salita ng Diyos. Noon lamang nagawa ng Diyos na makipag-usap sa kanila nang matalik at gawin ang iba pang gawain ng paglalaan ng buhay sa kanila. Ang layunin ng Diyos sa pagpapakumbaba sa Kanyang Sarili bilang isang tao ay para mas mapalapit Siya sa mga tao, na nakabawas sa agwat nila sa Kanya, na nagtulot sa Kanya na makamit ang pagkilala at tiwala ng mga tao, at nakahikayat sa mga tao na manindigan na patuloy na mabuhay at sumunod sa Diyos. Ang walong kabanata ng “Ang Landas” ay maaaring ibuod bilang mga susing ginagamit ng Diyos para buksan ang mga pintuan tungo sa puso ng mga tao, at sama-sama silang bumubuo ng isang bagay na masarap pakinggan na ibinibigay Niya sa tao. Sa pamamagitan lamang ng paggawa ng Diyos nito

nagagawa ng mga tao na pakinggang mabuti ang paulit-ulit na mga turo at pangaral ng Diyos. Masasabi na pagkatapos nito, saka lamang opisyal na sinimulan ng Diyos ang gawain ng paglalaan ng buhay at pagpapahayag ng katotohanan sa kasalukuyang yugtong ito ng gawain, habang patuloy Siyang nagsasalita: “Ang Pananaw na Dapat Panghawakan ng mga Mananampalataya” at “Tungkol sa mga Hakbang ng Gawain ng Diyos”.... Hindi ba ipinapakita ng gayong pamamaraan ang karunungan ng Diyos at ang Kanyang taimtim na mga intensyon? Ito ang pinakasimula ng paglalaan ng buhay ni Cristo, kaya medyo mas mababaw ang mga katotohanan kaysa sumunod na mga seksyon. Ang prinsipyo sa likod nito ay napakasimple: gumagawa ang Diyos ayon sa mga pangangailangan ng sangkatauhan. Hindi Siya pikit-matang kumikilos o nangungusap; Diyos lamang ang lubos na nakauunawa sa mga pangangailangan ng sangkatauhan, at wala nang ibang may higit na pagmamahal at pag-unawa sa tao.

Sa mga pahayag isa hanggang sampu sa “Gawain at Pagpasok,” pumapasok sa isang bagong yugto ang mga salita ng Diyos. Dahil dito, ang mga pahayag na ito ay inilagay sa simula. Pagkatapos, “Ang mga Salita ni Cristo Nang Siya’y Naglakad sa mga Iglesia II” ay nabuo. Sa yugtong ito, gumawa ng mas detalyadong mga kahilingan ang Diyos sa Kanyang mga alagad, mga kahilingang kinabilangan ng kaalaman tungkol sa mga estilo ng pamumuhay ng mga tao, kung ano ang hinihingi sa kanilang kakayahan, at iba pa. Dahil determinado ang mga taong ito na sumunod sa Diyos, at wala nang anumang mga pagdududa tungkol sa identidad at diwa ng Diyos, pormal ding sinimulan ng Diyos na ituring sila bilang mga miyembro ng Kanyang sariling pamilya, na ibinabahagi ang katotohanang nakapaloob sa gawain ng Diyos mula sa panahon ng paglikha hanggang ngayon, na ibinubunyag ang katotohanan sa likod ng Bibliya, at itinuturo sa kanila ang tunay na kabuluhan ng pagkakatawang-tao ng Diyos. Ang mga pahayag ng Diyos sa seksyong ito ay nagbigay sa mga tao ng higit na pagkaunawa sa diwa ng Diyos at sa diwa ng Kanyang gawain, at tinulutan silang pahalagahan na ang natamo nila mula sa pagliligtas ng Diyos ay humigit pa sa natamo ng mga propeta at apostol sa nakaraang mga kapanahunan. Mula sa bawat linya ng mga salita ng Diyos, madarama mo ang bawat butil ng Kanyang karunungan, pati na rin ang Kanyang matinding pagmamahal at pagmamalasakit sa tao. Bukod pa sa pagpapahayag ng mga salitang iyon, lantarang ibinunyag ng Diyos, nang paisa-isa, ang naunang mga haka-haka at maling paniniwala ng tao at mga bagay na hindi kailanman naisip ng mga tao noon, pati na rin ang landas na tatahakin ng mga tao sa hinaharap. Ito, marahil, ang mismong makitid na “pagmamahal” na kayang maranasan ng tao! Tatal naman, naibigay na ng Diyos sa mga tao ang lahat ng kailangan nila, at naibigay na sa kanila ang hiniling nila, nang walang anumang ipinagkakait o hinihinging anumang kapalit.

Tinutukoy ang Bibliya sa ilang espesyal na kabanata sa seksyong ito. Ang Bibliya ay naging bahagi na ng kasaysayan ng tao sa loob ng ilang libong taon. Bukod pa rito, itinuturing ito ng mga tao na parang Diyos, hanggang sa punto na sa mga huling araw, napalitan na nito ang Diyos, na kinasusuklaman ng Diyos. Sa gayon, nang magkaroon

ng pagkakataon, nadama ng Diyos na dapat Niyang linawin ang kuwentong nakapaloob sa Bibliya at ang mga pinagmulan nito; kung hindi Niya ito gagawin, patuloy na papalit ang Bibliya sa puwang ng Diyos sa puso ng mga tao, at gagamitin ng mga tao ang mga salita ng Bibliya para sukatin at ikondena ang mga gawa ng Diyos. Sa pagpapaliwanag sa diwa, kayarian, at mga kapintasan ng Bibliya, hindi ikinaila ng Diyos sa anumang paraan ang pag-iral ng Bibliya, ni hindi Niya ito kinondena; sa halip, nagbigay Siya ng angkop at akmang paglalarawan na nagpanumbalik sa orihinal na imahe ng Bibliya, tumukoy sa mga maling pagkaunawa ng mga tao sa Bibliya, at nagbigay sa kanila ng tamang pananaw tungkol sa Bibliya, kaya hindi na nila sinamba ang Bibliya, at hindi na sila naligaw; na ibig sabihin, upang hindi na nila mapagkamalang pananampalataya at pagsamba sa Diyos ang kanilang bulag na pananampalataya sa Bibliya, na takot pa ngang harapin ang tunay na pinagmulan at mga kakulangan nito. Kapag nagkaroon ng dalisay na pagkaunawa ang mga tao tungkol sa Bibliya, nagagawa nilang isantabi ito nang walang pagsisisi at buong tapang na tinatanggap ang mga bagong salita ng Diyos. Ito ang layunin ng Diyos sa ilang kabanatang ito. Ang katotohanang nais sabihin ng Diyos sa mga tao rito ay na walang teorya o katunayang makakapalit sa gawain at mga salita ng Diyos sa ngayon, at na walang makakahalili sa Diyos. Kung hindi matatakan ng mga tao ang bitag ng Bibliya, hindi nila magagawang humarap sa Diyos kailanman. Kung nais nilang humarap sa Diyos, kailangan muna nilang alisin sa kanilang puso ang anumang maaaring pumalit sa Kanya; sa gayon ay magiging kasiya-siya sila sa Diyos. Bagama't ipinaliliwanag lamang ng Diyos ang Bibliya rito, huwag kalimutan na marami pang ibang maling bagay na tunay na sinasamba ng mga tao bukod pa sa Bibliya; ang tanging mga bagay na hindi nila sinasamba ay ang mga tunay na nagmumula sa Diyos. Ginagamit lamang ng Diyos ang Bibliya bilang halimbawa upang ipaalala sa mga tao na huwag tumahak sa maling landas, at huwag magmalabis na muli at maging biktima ng pagkalito habang nananalig sila sa Diyos at tumatanggap ng Kanyang mga salita.

Ang mga salitang ibinibigay ng Diyos sa tao ay mula sa mababaw hanggang sa malalim. Ang mga paksa ng Kanyang mga pahayag ay patuloy na sumusulong mula sa panlabas na pag-uugali at mga kilos ng mga tao hanggang sa kanilang mga tiwaling disposisyon, mula sa kung saan itinututok ng Diyos ang dulo ng Kanyang lingguwistikang sibat sa pinakamalalim na bahaging iyon ng kaluluwa ng mga tao: ang kanilang kakanyahan. Noong panahon na ipinahayag ang “Ang mga Salita ni Cristo Nang Siya’y Naglakad sa mga Iglesia III,” binibigyang-diin ng mga pahayag ng Diyos ang pinakadiwa at pagkakakilanlan ng tao, at ang kahulugan ng maging isang tunay na tao—ang pinakamalalim na katotohanan at mahahalagang tanong na ito tungkol sa pagpasok ng mga tao sa buhay. Mangyari pa, kung iisipin ang mga katotohanang inilalaan ng Diyos sa tao sa “Ang mga Salita ni Cristo Nang Siya’y Naglakad sa mga Iglesia I,” ang nilalaman ng “Ang mga Salita ni Cristo Nang Siya’y Naglakad sa mga Iglesia III,” kung ihahambing, ay lubhang malalim. Ang mga salita sa seksyong ito ay tumatalakay sa landas ng mga tao sa hinaharap at kung paano sila magagawang

perpekto; tinatalakay rin ng mga ito ang hantungan ng mga tao sa hinaharap, at kung paano magkasamang papasok sa kapahingahan ang Diyos at ang tao. (Masasabi na, hanggang ngayon, ito ang mga salitang naipahayag ng Diyos sa mga tao tungkol sa kanilang kakanyahan, kanilang misyon, at kanilang hantungan na siyang pinakamadaling maunawaan.) Inaasam ng Diyos na ang mga taong nagbabasa ng mga salitang ito ay ang mga naihiwalay ang mga sarili nila mula sa mga haka-haka at imahinasyon ng tao, na may kakayahang dalisay na maunawaan ang bawat salita ng Diyos sa kaibuturan ng kanilang puso. Bukod pa ryan, inaasam Niya na lahat ng nagbabasa ng mga salitang ito ay matatanggap ang Kanyang mga salita bilang ang katotohanan, ang daan, at ang buhay, at na hindi nila ipinagwawalang-bahala ang Diyos o inuudyukan Siya. Kung binabasa ng mga tao ang mga salitang ito nang may saloobing siyasatin o suriing mabuti ang Diyos, ang mga pahayag na ito ay magiging katulad ng isang saradong aklat para sa kanila. Ang mga naghahanap lamang sa katotohanan, na determinadong sumunod sa Diyos, at wala ni katiting na pagdududa sa Kanya ang kwalipikadong tumanggap ng mga salitang ito.

“Ang mga Salita ni Cristo Nang Siya’y Naglakad sa mga Iglesia IV” ay isa pang kategorya ng banal na pahayag na sumusunod sa “Mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob.” Ang seksyong ito ay kinabibilangan ng mga pangaral, turo, at paghahayag ng Diyos sa mga tao sa mga Kristiyanong denominasyon, gaya ng: “Kapag Namasdan Mo Na ang Espirituwal na Katawan ni Jesus, Napanibago na ng Diyos ang Langit at Lupa,” “Yaong mga Hindi Kaayon ni Cristo ay Tiyak na mga Kalaban ng Diyos.” Kinabibilangan din ito ng pinaka-partikular na mga hinihingi ng Diyos sa sangkatauhan, gaya ng: “Maghanda ng Sapat na Mabubuting Gawa para sa Iyong Hantungan,” “Tatlong Paalaala,” “Ang mga Paglabag ay Magdadala sa Tao sa Impiyerno.” Maraming aspeto ang sakop nito, gaya ng mga paghahayag at paghatol para sa lahat ng uri ng mga tao at ng mga salita kung paano makikilala ang Diyos. Masasabi na ang bahaging ito ang pinakabuod ng paghatol ng Diyos sa sangkatauhan. Ang pinaka-di-malilimutang bahagi ng seksyong ito ng mga pahayag ng Diyos ay na, noong malapit nang tapusin ng Diyos ang Kanyang gawain, ibinunyag Niya kung ano ang nasa pinaka-utak ng mga buto ng mga tao: ang pagkakanulo. Ang Kanyang layunin ay para malaman ng mga tao ang sumusunod na katunayan sa pinakahuli, at pag-alabin ito sa pinakamalalim na bahagi ng kanilang puso: Hindi mahalaga kung gaano katagal ka nang naging alagad ng Diyos—likas pa rin sa iyo na ipagkanulo ang Diyos. Sa madaling salita, likas sa tao na ipagkanulo ang Diyos, dahil walang kakayahan ang mga tao na magkamit ng ganap na kahustuhan ng gulang sa buhay nila, at maaari lamang magkaroon ng kani-kanyang mga pagbabago sa kanilang disposisyon. Bagama’t ang dalawang kabanatang ito, ang “Pagtataksil 1” at ang “Pagtataksil 2,” ay naghahatid ng dagok sa mga tao, ang mga ito ang tunay na pinakatapat at pinakamahabaging mga babala sa mga tao. Kahit papaano, kapag kampante at hambog ang mga tao, matapos basahin ang dalawang kabanatang ito, mapipigilan ang sarili nilang kasamaan, at tatahimik sila. Sa pamamagitan ng

dalawang kabanatang ito, ipinapaalala ng Diyos sa lahat ng tao na gaano man kahusto sa gulang ang buhay mo, gaano man kalalim ang iyong mga karanasan, gaano man kalaki ang kumpiyansa mo, saan ka man isinilang at saan ka man papunta, malamang na ihayag ng likas na ugali mong ipagkanulo ang Diyos ang sarili nito anumang oras at saanmang lugar. Ang nais sabihin ng Diyos sa bawat isang tao ay ito: likas sa bawat isang tao mula pa sa pagsilang na ipagkanulo ang Diyos. Mangyari pa, ang intensyon ng Diyos sa pagpapahayag ng dalawang kabanatang ito ay hindi para humanap ng mga dahilan para alisin o kondenahin ang sangkatauhan, kundi para magkaroon ang mga tao ng higit na kamalayan tungkol sa likas na ugali ng tao, upang maingat silang makapamuhay sa harap ng Diyos sa lahat ng oras para matanggap ang Kanyang patnubay, na hahadlang na mawala sa kanila ang presensya ng Diyos at makatahak sila sa landas na wala nang balikan. Ang dalawang kabanatang ito ay isang babala para sa lahat ng sumusunod sa Diyos. Sana, maunawaan ng mga tao ang taimtim na mga intensyon ng Diyos; tutal naman, ang mga salitang ito ay pawang mga katunayang di-mapapabulaanan—kaya bakit pa kailangan ng tao na makipagtalo kung kailan at paano ipinahayag ng Diyos ang mga ito? Kung sinarili ng Diyos ang lahat ng bagay na ito, at naghintay Siya hanggang sa maniwala ang mga tao na angkop na ipahayag Niya ang mga ito, hindi ba magiging huli na ang lahat? Kailan pa darating ang pinaka-angkop na panahong iyon?

Gumagamit ang Diyos ng maraming pamamaraan at pananaw sa apat na seksyong ito. Halimbawa, kung minsa’y gumagamit Siya ng panunuya, at kung minsa’y ginagamit Niya ang pamamaraan ng direktang paglalaan at pagtuturo; kung minsa’y gumagamit Siya ng mga halimbawa, at kung minsa’y gumagamit Siya ng malulupit na pagsaway. Sa kabuuan, naroon ang lahat ng uri ng iba’t ibang pamamaraan, na naglalayong tugunan ang iba’t ibang kalagayan at panlasa ng mga tao. Ang pananaw na pinagmumulan ng Kanyang pagsasalita ay nagbabago ayon sa iba’t ibang pamamaraan at nilalaman ng Kanyang mga pahayag. Halimbawa, kung minsa’y sinasabi Niyang “Ako” o “Ko”; ibig sabihin, nangungusap Siya sa mga tao mula sa pananaw ng Diyos Mismo. Kung minsa’y nangungusap Siya mula sa ikatlong persona, na sinasabing ang “Diyos” ay ganito o ganoon, at may ibang mga pagkakataon na nangungusap Siya mula sa pananaw ng isang tao. Saanmang pananaw nagmumula ang Kanyang pagsasalita, hindi nagbabago ang Kanyang diwa, sapagkat paano man Siya mangusap, lahat ng Kanyang ipinapahayag ay ang diwa ng Diyos Mismo—lahat ng iyon ay katotohanan, at iyon ang kailangan ng sangkatauhan.

**ANG MGA SALITA NI CRISTO
NANG SIYA'Y NAGLAKAD
SA MGA IGLESIA**

I

(HUNYO 1992 HANGGANG OKTUBRE 1992)

Ang Landas ... 1

Sa buong buhay nila, walang tao ang nakaaalam kung anong uri ng mga kabiguan ang kanilang makahaharap, ni kung sa anong uri man ng pagpipino sila mapasasailalim. Para sa ilan ito ay sa kanilang gawain, para sa ilan ito ay sa kanilang mga inaasahan sa hinaharap, para sa ilan ito ay sa kanilang pamilyang kinagisnan, at para sa ilan ito ay sa kanilang pag-aasawa. Subali't ang pinagkaiba natin sa kanila ay na ngayon, tayo, ang pangkat na ito ng mga tao, ay nagdurusa sa gitna ng salita ng Diyos. Ibig sabihin, bilang mga taong naglilingkod sa Diyos, dumanas na tayo ng mga kabiguan sa landas ng paniniwala sa Kanya, na siyang landas na tinatahak ng lahat ng mananampalataya, at ang daang tinatapakan nating lahat. Mula sa puntong ito tayo opisyal na nagsisimula ng ating landasin ng paniniwala sa Diyos, opisyal na itinataas ang tabing sa buhay ng tao, at pumapasok sa tamang landas ng buhay. Sa madaling salita, ito ay kung kailan tayo pumapasok sa tamang landas ng Diyos na namumuhay kasama ng tao, na siyang landas na tinatahak ng normal na mga tao. Bilang isang tao na tumatayo sa harap ng Diyos at naglilingkod sa Kanya—isang taong nagsusuot ng mga balabal ng isang saserdote sa templo, at nagtataglay ng dignidad, awtoridad, at kamahalan ng Diyos—ipinahahayag Ko ang sumusunod sa lahat ng tao, ito ay: Ang maluwalhating mukha ng Diyos ang Aking kaluwalhatian, ang Kanyang plano ng pamamahala ang Aking kaibuturan. Hindi Ako naghahangad na makinabang nang makasandaang ulit sa mundong darating, kundi gawin lang ang kalooban ng Diyos sa mundong ito, nang matamasa Niya ang isang maliit na bahagi ng Kanyang kaluwalhatian sa lupa bunga ng maliliit na pagsisikap na ginagawa Ko sa katawang-tao. Ito lang ang Aking pagnanais. Sa Aking palagay, ito lang ang Aking espirituwal na panustos. Naniniwala Ako na ang mga ito ang dapat na maging “huling mga salita” ng isang taong nabubuhay sa katawang-tao at siyang puno ng emosyon. Ito ang landas na tinatapakan Ko ngayon. Naniniwala Ako na ang pananaw Kong ito ay ang Aking huling mga salita sa katawang-tao, at umaasa Ako na ang mga tao ay walang mga kuru-kuro o ibang mga kaisipan tungkol sa Akin. Bagaman naibigay Ko na rito ang Aking lahat-lahat, hindi Ko pa rin nabigyang-kasiyahan ang kalooban ng Diyos sa langit. Labis-labis Akong nalulungkot. Bakit ito ang diwa ng katawang-tao? Samakatuwid, tanging dahil sa mga bagay na nagawa Ko na sa nakaraan, at ng gawain ng panlulupig na naisakatuparan na ng Diyos sa Akin, na nakamit Ko ang mas malalim na pagkaunawa sa diwa ng sangkatauhan. Pagkatapos lang noon Ako nagtakda ng pinakapangunahing pamantayan para sa Aking sarili: na hangarin lang na magawa ang kalooban ng Diyos, na ibigay rito ang Aking lahat-lahat, at na hindi magkaroon ng anumang nagpapabigat sa Aking konsensiya. Hindi Ko iniisip kung ano ang mga hinihingi ng ibang naglilingkod sa Diyos para sa kanilang sarili. Sa madaling salita, itinakda Ko na ang Aking puso sa paggawa ng Kanyang kalooban. Ito ang Aking pagtatapat bilang isa sa Kanyang mga nilikha na naglilingkod sa harap Niya—isang iniligtas na at minamahal ng Diyos, at nakaranas na ng Kanyang mga hampas. Ito ang

pagtatapat ng isang binabantayan, iniingatan, minamahal, at lubos na ginagamit ng Diyos. Mula ngayon, magpapatuloy Ako sa landas na ito hanggang sa matapos Ko ang mahalagang gawain na ipinagkatiwala sa Akin ng Diyos. Ngunit sa Aking palagay, ang dulo ng daan ay nalalapit na, sapagkat ang Kanyang gawain ay natapos na, at hanggang sa ngayon, nagawa na ng mga tao ang lahat ng kaya nilang gawin.

Ang pagpasok ng kalakhang-lupain ng Tsina sa daloy na ito ng pagpapanumbalik ay unti-unting nagbigay-daan sa pag-usbong ng mga lokal na iglesiang nakasentro sa gawain ng Banal na Espiritu. Ang Diyos ay walang-tigil na gumagawa sa mga lokal na iglesiang ito, sapagka't ang mga iglesiang umusbong sa panahong ito ang naging sentro ng Diyos sa bumagsak na pamilyang imperyal. Ang Diyos, mangyari pa, ay labis-labis ang kagalakang itinatag ang mga lokal na iglesia sa gayong pamilya—hindi mailarawan ang Kanyang kagalakan. Pagkatapos magtatag ng mga lokal na iglesia sa kalakhang-lupain ng Tsina at mapalaganap ang mabuting balitang ito sa mga kapatid sa iba pang mga lokal na iglesia sa buong mundo, ang Diyos ay sabik na sabik—ito ang unang hakbang ng gawain na nilayon Niyang gawin sa kalakhang-lupain ng Tsina. Masasabi na ito ang unang pagkilos. At ang Kanya bang kakayahan na simulan ang unang hakbang ng Kanyang gawain sa isang kuta ng mga demonyong gaya nito—isang kuta na hindi kayang igupo ng sinuman o ng anumang bagay—ay hindi ba ang dakilang kapangyarihan ng Diyos? Maliwanag na para sa pagpapanumbalik ng gawaing ito, dimabilang na kapatid ang ginawa nang martir, namamatay sa ilalim ng pangkatay na punyal ng diyablo. Masakit para sa Akin at ikinagagalit Ko na banggitin ito ngayon, subalit sa kalakhang bahagi, ang mga araw ng pagdurusa ay nakalipas na. Na ngayon ay nakagagawa Ako para sa Diyos, at na nakaya Kong makarating sa kinalalagyan Ko ngayon, ay dahil lahat sa dakilang kapangyarihan ng Diyos. Nakadarama Ako ng malaking paghanga sa mga pinili ng Diyos para maging martir; nakayanan nilang gawin ang kalooban ng Diyos at isakripisyo ang kanilang mga sarili para sa Diyos. Sa totoo lang, kung hindi dahil sa biyaya at habag ng Diyos, matagal na sana Akong nalugmok sa putikan. Salamat sa Diyos! Nais Kong ibigay ang lahat ng kaluwalhatian sa Diyos upang makapagpahinga Siya. Ilang tao ang nagtatanong sa Akin: “Dahil sa Iyong posisyon, hindi Ka dapat mamatay. Kaya bakit masaya Ka kapag binabanggit ng Diyos ang kamatayan?” Sa halip na sumagot nang tuwiran, ngumingiti lang Ako nang bahagya at sinasabi, “Ito ang landas na dapat Kong tahakin, na dapat Kong ganap na sundan.” Nagugulumihanan ang mga tao sa Aking tugon. Wala silang magawa kundi tumingin lang sa Akin sa pagtataka, bahagyang nagdududa sa Akin. Gayunpaman, naniniwala Ako na dahil ito ang landas na pinili Ko na at ito rin ang itinakda Ko nang pagpapasiya sa harap ng Diyos, kahit na gaano katindi ang mga paghihirap, dapat Akong patuloy na magsumikap pasulong. Ito, sa palagay Ko, ang pangako na dapat panindigan ng mga naglilingkod sa Diyos—at hindi nila dapat talikuran ang kanilang salita, kahit kaunti. Isa rin itong tuntunin, isang panuntunang matagal nang ipinanukala, sa Kapanahunan ng Kautusan, na dapat maunawaan ng isang naniniwala sa Diyos. Sa Aking karanasan,

bagaman ang Aking kaalaman tungkol sa Diyos ay hindi malaki, at ang Aking praktikal na karanasan ay hamak, na hindi man nga lang karapat-dapat na mabanggit—na anupa’t wala Akong masabing na matalinong mga kabatiran—dapat na panindigan ang mga salita ng Diyos, at hindi maaaring suwayin. Sa totoo lang, ang Aking sariling praktikal na mga karanasan ay hamak, subali’t dahil pinatotohanan Ako ng Diyos at ang mga tao ay palaging may bulag na pananampalataya sa taong Ako, ano ang magagawa Ko? Gayunman ay umaasa pa rin Ako na itutuwid ng mga tao ang kanilang mga pananaw sa pag-ibig sa Diyos. Ang taong Ako ay nabibilang na wala; sapagka’t Ako, gayundin, ay hinahangad ang daan ng pananampalataya sa Diyos, at ang landas na Aking nilalakaran ay walang iba kundi ang landas ng paniniwala sa Diyos. Maaaring mabuti ang isang tao, ngunit hindi dapat pag-ukulan ng pagsamba—maaari lang silang magsilbing halimbawa upang sundan. Wala Akong pakialam kung ano ang ginagawa ng iba, ngunit ipinahahayag Ko sa mga tao na ibinibigay Ko rin ang kaluwalhatian sa Diyos; hindi Ko ibinibigay ang kaluwalhatian ng Espiritu sa katawang-tao. Umaasa Ako na mauunawaan ng lahat ang Aking damdamin ukol dito. Hindi Ko ito pag-iwas sa Aking pananagutan, ito lang ang buong kuwento. Dapat itong maging lubos na malinaw, upang hindi na muling pag-usapan.

Ngayon, naliwanagan Ako sa harap ng Diyos. Ang gawain ng Diyos sa lupa ay ang gawain ng pagliligtas. Wala itong bahid ng anupamang bagay. Maaaring may ilang tao na nag-iisip nang kasalungat, ngunit lagi Kong nadarama na ginagawa lang ng Banal na Espiritu ang isang yugto ng gawain—ang gawain ng pagliligtas—at wala nang iba pang gawain. Dapat itong maging malinaw. Ngayon lang naging malinaw ang gawain ng Banal na Espiritu sa kalakhang-lupain ng Tsina. At bakit nanaisin ng Diyos na buksan ang lahat ng landas at gumawa sa lugar na gaya nito, kung saan laganap ang mga demonyo? Ipinakikita nito na higit sa lahat, ginagawa ng Diyos ang gawain ng pagliligtas. Upang maging mas tiyak, ito ay ang gawain ng panlulupig una sa lahat. Tinawag na mula pa sa pasimula ang pangalan ni Jesus. (Marahil ay hindi pa ito naranasan ng ilan, ngunit sinasabi Ko na ito ay isang hakbang ng gawain ng Banal na Espiritu.) Ito ay upang humiwalay sa Jesus ng Kapanahunan ng Biyaya, kaya isang bahagi ng mga tao ang patiuna nang pinili, at kalaunan ang mga piniling iyon ay pinaunti. Pagkatapos noon, ang pangalang Witness Lee ay tinawag sa kalakhang-lupain ng Tsina, na siyang ikalawang bahagi ng gawain ng pagpapanumbalik ng Banal na Espiritu sa kalakhang-lupain ng Tsina. Ito ang unang hakbang ng gawain kung saan ang Banal na Espiritu ay nagsimulang pumili ng mga tao, na upang unang tipunin ang mga tao at maghintay para sa pastol na mangangalaga sa kanila; ang pangalang “Witness Lee” ay ginamit upang isagawa ang serbisyong iyon. Personal na ginawa ng Diyos ang Kanyang gawain sa pagkakasaksi sa pangalang “ang Makapangyarihan” at bago iyon, ito ay nasa isang yugto ng paghahanda. Kaya hindi mahalaga kung iyon ay tama o mali, at hindi ito ang pangunahing usaping nakapaloob sa plano ng Diyos. Matapos ang pagsaksi sa pangalang “ang Makapangyarihan,” opisyal na sinimulan ng Diyos na personal na gawin

ang Kanyang sariling gawain at pagkatapos noon, ang Kanyang mga gawa bilang Diyos sa katawang-tao ay opisyal na nagsimula. Sa pamamagitan ng pangalang “ang Makapangyarihang Panginoon,” kinontrol Niya ang lahat ng mga mapanghimagsik at masuwayin. Nagsimula silang isabalikat ang kawangis ng mga tao, gaya na lang ng mga tao na nagsisimulang magmukhang tila nasa gulang na kapag sila ay naging dalawampu’t tatlo o dalawampu’t apat na taong gulang na; ibig sabihin, kasisimula pa lang ng mga tao na magkaroon ng buhay ng isang normal na tao. Sa pamamagitan ng pagsubok ng mga taga-serbisyo, ang gawain ng Diyos ay sadya nang pumasok sa yugto ng pagtupad ng pang-Diyos na gawain. Masasabi na ang hakbang na ito lang ng gawain ang bumubuo sa sentro ng malaking bahagi ng Kanyang gawain at na ito ang pangunahing hakbang sa Kanyang gawain. Nakikilala ng mga tao ang kanilang mga sarili at namumuhi sa kanilang mga sarili. Narating na nila ang punto kung saan kaya na nilang sumpain ang kanilang mga sarili, masaya silang isuko ang kanilang sariling mga buhay, at mayroon silang bahagyang pandama sa pagiging kaibig-ibig ng Diyos, na sa gayong pundasyon ay nalalaman nila ang tunay na kahulugan ng pag-iral ng tao—sa gayon ay nakakamit ang kalooban ng Diyos. Ang gawain ng Diyos sa kalakhang-lupain ng Tsina ay malapit nang matapos. Matagal nang isinasagawa ng Diyos ang Kanyang mga paghahanda sa lupaing ito ng karumihan sa loob ng maraming taon, subalit hindi pa kailanman nakamit ng mga tao ang punto na kanilang narating ngayon, na nangangahulugang ngayon lang pormal na sinisimulan ng Diyos ang Kanyang gawain. Hindi na kailangang paglaanan ito ng iba pang karagdagang detalye o kalinawan. Lubos na tamang sabihing tuwirang ginagawa ang gawaing ito sa pamamagitan ng pagka-Diyos ng Diyos, ngunit isinasakatuparan ito sa pamamagitan ng tao. Hindi ito maitatangi ninuman. Tiyak na ang Kanyang gawain ay nakarating sa lawak na narating nito sa kasalukuyan sa mga tao ng lupaing ito ng kahalayan dahil sa dakilang kapangyarihan ng Diyos sa lupa. Ang bunga ng gawaing ito ay madadala kahit saan upang mapaniwala ang mga tao. Walang sinumang maglalakas-loob na basta-bastang hatulan ito at itanggi ito.

Ang Landas ... 2

Marahil ang ating mga kapatirang lalaki at babae ay may kaunting ideya sa pagkakasunud-sunod, sa mga hakbang, at mga pamamaraan ng gawain ng Diyos sa kalakhang-lupain ng Tsina, ngunit iniisip Ko pa rin na mahalagang magbalik-tanaw sa mga bagay na ito o magbigay ng maikling buod. Gagamitin Ko lang ang pagkakataong ito upang sabihin kung ano ang nasa Aking puso, at hindi Ako magsasalita ng mga bagay na labas sa gawaing ito. Umaasa Ako na mauunawaan ng mga kapatirang lalaki at babae ang Aking pakiramdam, at mapagkumbaba Ko ring hinihiling na unawain at patawarin ng lahat ng nagbabasa ng Aking mga salita ang Aking mababang tayog, ang

kakulangan ng Aking karanasan sa buhay, at ang kawalan Ko ng kakayahang maitaas ang Aking ulo sa harap ng Diyos. Gayunman, pakiramdam Ko ay may nilalayong mga kadahilanan lang ang mga ito. Sa madaling salita, anuman ang mangyari, walang tao, pangyayari, o bagay ang makahahadlang sa atin na magbahagi sa harap ng Diyos, at umaasa Ako na ang ating mga kapatirang lalaki at babae ay makasama sa Akin na gumawa nang mas masikap sa harap ng Diyos. Nais Kong ialay ang sumusunod na panalangin: “O Diyos! Mangyaring maawa sa amin upang Ako at ang Aking mga kapatirang lalaki at babae ay sama-samang magsumikap sa ilalim ng kapamahalaan ng aming iisang mga mithiin, maging tapat sa Iyo hanggang kamatayan, at hindi kailanman magkaroon ng anumang mga pagsisisi!” Ang mga salitang ito ang Aking pagpapasya sa harap ng Diyos, subalit masasabi rin na ang mga ito ang Aking sariling salawikain bilang isang taong nasa katawang-tao na ginagamit ng Diyos. Naibahagi Ko na nang maraming beses ang mga salitang ito sa pagsasalamuha sa mga kapatirang lalaki at babaeng kasama Ko, at naibigay Ko na ang mga ito sa mga kaagapay Ko bilang isang mensahe. Hindi Ko alam kung ano ang iniisip ng mga tao sa mga ito, subalit anuman ang mangyari, naniniwala Ako na ang mga salitang ito ay hindi lang may aspeto ng pansariling pagsisikap, ngunit higit pa rito, taglay rin ng mga ito ang aspeto ng may nilalayong teorya. Dahil dito, posible na may ilang tao ang may ilang opinyon, at makabubuti para sa iyo na gamitin ang mga salitang ito bilang salawikain at tingnan kung gaano kalaki ang iyong magiging pagnanais na ibigin ang Diyos. May ilang tao na magkakaroon ng isang tiyak na kuru-kuro kapag binasa nila ang mga salitang ito, at iiisipin: “Paanong ang gayong pang-araw-araw, karaniwang bagay para sabihin ay magbibigay sa mga tao ng malaking pagnanais na ibigin ang Diyos hanggang kamatayan? At walang kinalaman ito sa paksang ating tinatalakay, ‘Ang Landas.’” Inaamin Ko na maaaring hindi gaanong kaakit-akit ang mga salitang ito, subalit lagi Kong naiisip na maaakay ng mga ito ang mga tao tungo sa tamang landas, at tutulutan silang sumailalim sa lahat ng uri ng mga pagsubok na nasa landas ng paniniwala sa Diyos nang hindi nasisiraan ng loob o umuurong. Ito ang dahilan kung bakit lagi Kong itinuturing ang mga ito bilang Aking salawikain. Umaasa Ako na ang mga tao, gayundin, ay maingat na pag-iisipan ang mga ito. Gayunpaman, ang Aking intensyon ay hindi upang pilitin ang lahat na tanggapin ang Aking sariling mga pananaw—isa lamang itong mungkahi. Anuman ang iniisip ng ibang tao sa Akin, sa palagay Ko ay nauunawaan ng Diyos ang panloob na mga dinamiko sa bawat isa sa atin. Patuloy na gumagawa ang Diyos sa bawat isa sa atin, at walang kapaguran ang Kanyang gawain. Sapagkat isinilang tayong lahat sa bansa ng malaking pulang dragon, gumagawa Siya sa atin sa ganitong paraan. Mapalad ang mga isinilang sa bansa ng malaking pulang dragon na makamit ang gawaing ito ng Banal na Espiritu. Bilang isa sa kanila, mayroon Akong matinding pakiramdam sa kagiliwan, pagiging kagalang-galang, at pagiging kaibig-ibig ng Diyos. Ito ang pangangalaga ng Diyos sa atin. Para magawang makamit ng isang napag-iwanan, makaluma, pyudalistiko, mapamahiin, at napakasamang imperyo ng mga manggagawa ang gayong gawain mula

sa Diyos ay nagpapakita lang kung gaano tayo, ang pangkat na ito ng mga tao sa huling kapanahunan, ay pinagpala. Naniniwala Ako na lahat ng kapatirang lalaki at babae na nabuksan ang espirituwal na mga mata upang makita ang gawaing ito ay iiyak ng luha ng kagalakan bilang resulta. At sa sandaling iyon, hindi mo ba ipahahayag ang iyong sarili sa Diyos sa pamamagitan ng pagsayaw nang may kagalakan? Hindi mo ba iaalay ang awit sa iyong puso sa Diyos? Sa sandaling iyon, hindi mo ba ipakikita ang iyong kapasyahan sa Diyos at gagawa ng isa pang plano sa harap Niya? Palagay Ko ang lahat ng ito ang dapat gawin ng mga normal na taong naniniwala sa Diyos. Bilang mga tao, naniniwala Ako na ang bawat isa sa atin ay dapat na magkaroon ng isang uri ng pagpapahayag sa harap ng Diyos. Ito ang dapat gawin ng isang taong may mga damdamin. Kung titingnan ang kakayahan ng bawat isa sa atin, at ang lugar kung saan tayo ipinanganak, ipinakikita nito kung gaano kalaking kahihyan ang tiniis ng Diyos upang makaparito sa ating kalagitnaan. Maaaring mayroon tayong kaunting kaalaman sa Diyos sa loob natin, subalit ang ating nalalaman—na ang Diyos ay napakadakila, napakataas, at napakarangal—ay sapat na upang bigyang-diin kung gaano katindi ang Kanyang naging pagdurusa sa gitna ng sangkatauhan. Gayunman ay malabo pa rin ang mga salita Kong ito, at kaya lang itong ituring ng mga tao bilang mga titik at mga doktrina, sapagkat ang mga taong nasa kalagitnaan natin ay masyadong manhid at mapurol. Ang magagawa Ko lang, samakatuwid, ay gumugol ng mas maraming pagsisikap sa pagpapaliwanag sa usaping ito sa lahat ng kapatirang lalaki at babae na tatanggap dito, upang ang ating mga espiritu ay maaantig ng Espiritu ng Diyos. Nawa ay buksan ng Diyos ang ating espirituwal na mga mata, upang ating maaaring makita ang halagang binayaran na ng Diyos, ang mga pagsisikap na ginawa na Niya, at ang lakas na ginugol na Niya para sa atin.

Bilang isa sa mga nasa kalakhang-lupain ng Tsina na tumanggap na sa Espiritu ng Diyos, may malalim Akong pakiramdam na talagang kulang ang ating kakayahan. (Umaasa Ako na ang ating mga kapatirang lalaki at babae ay hindi nakararamdam nang negatibo dahil dito—ito ang realidad ng sitwasyon.) Sa Aking praktikal na buhay ay malinaw Ko nang nakita na kung anong mayroon tayo at kung ano tayo ay talagang napag-iwanan na lahat. Pagdating sa pangunahing mga aspeto, ito ay kung paano natin iginagawi ang ating mga sarili sa ating mga buhay at ang ating ugnayan sa Diyos, at pagdating sa maliliit na aspeto, ito ay ang bawat isang ideya at kaisipan natin. Lahat ng ito ay mga bagay na umiiral nang may nilalayon, at mahirap ikubli ang mga ito gamit ang mga salita o pagkukunwari. Kaya, kapag sinasabi Ko ito, karamihan ng mga tao ay tumatango at kinikilala ito, at kumbinsido rito, malibang wala silang normal na katinuan: Ang gayong mga tao ay walang kakayahang tanggapin ang Aking mga pananaw na ito. Marahil ay masyado Akong walang galang, walang pakundangan Kong tinutukoy ang mga taong ito bilang totoong mga halimaw. Sapagkat sa bansa ng malaking pulang dragon, sila ang pinakamababa sa mga hamak, gaya ng mga baboy o mga aso. Wala nang higit pa na nagkukulang sa kakayahan; hindi sila karapat-dapat na lumapit sa

harapan ng Diyos. Marahil dahil sa ang Aking mga salita ay masyadong “mapangahas.” Sa pagiging kinatawan ng Espiritu ng Diyos na gumagawa sa Akin, isinusumpa Ko ang ganitong uri ng mistulang-halimaw, maruming nilalang, at umaasa Ako na ang Aking mga kapatirang lalaki at babae ay hindi nanghihina dahil dito. Maaaring walang gayong mga tao sa kalagitnaan natin, ngunit anuman ang katotohanan, naniniwala Ako na ganito dapat pakitunguhan ang gayong mga tao. Ano ang iyong palagay?

Tumagal na nang libu-libong taon ang imperyo ng malaking pulang dragon at naging napakasama nito hanggang sa ngayon—at dahil nilabanan nito ang Diyos sa buong panahong ito, nasumpungan nito ang mga sumpa at ang poot ng Diyos, pagkatapos nito ay sumapit ang pagkastigo ng Diyos. Yamang isinumpa ng Diyos, patuloy na dumanas ang bansang ito ng panlahing diskriminasyon, at nananatiling nasa kalagayan ng pagiging napag-iwanan. Ang bansa na ating sinilangan ay namumutiktik sa lahat ng uri ng maruruming demonyo na walang pigil sa kanilang paghahangad ng pangingibabaw bilang resulta—nangangahulugang dinudungisan nila ang mga isinisilang dito. Ang mga gawi, mga kaugalian, mga ideya, at mga konsepto ng mga tao ay napag-iwanan na at makaluma, kaya bumubuo sila ng lahat ng uri ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos na hanggang ngayon ay hindi pa nila naiwawaksi. Sa partikular, kumikilos sila sa isang paraan sa harap ng Diyos, at kumikilos sa isa pang paraan sa Kanyang likuran, pinagkakamalan ang pagdadambana kay Satanas na paglilingkod sa Diyos, na nagpapakita na sila ang pinakanapag-iwanan sa lahat. Naisakatuparan na ng Diyos ang napakalaking gawain sa kalakhang-lupain ng Tsina at nakapagsalita na nang napakarami sa Kanyang mga salita, ngunit lubos pa ring manhid at walang-pakialam ang mga tao. Ginagawa pa rin nila ang gawaing ginawa nila noon, at ganap na wala silang pagkaunawa sa mga salita ng Diyos. Nang ipinahayag ng Diyos na walang kinabukasan at walang pag-asa, ang isang iglesia na noon ay buhay sa init ng tag-araw ay kaagad na bumagsak tungo sa malamig na taglamig. Nalantad sa liwanag ng araw ang tunay na mga sarili ng mga tao at ang kanilang dating pagtitiwala, pag-ibig, at kalakasan ay naglahong lahat nang walang bakas. At ngayon, walang sinuman sa kanila ang nakapagpanumbalik na ng kanilang kasiglahan. Sinasabi nila sa kanilang mga salita na iniibig nila ang Diyos, at bagaman hindi sila naglalakas-loob na dumaing sa kanilang mga puso, anuman ang mangyari, wala talaga sa kanila ang pag-ibig na iyon. Bakit ganoon? Palagay Ko ay aaminin ng ating mga kapatirang lalaki at babae ang katotohanang ito. Nawa ay bigyang-liwanag tayo ng Diyos, upang makilala nating lahat ang Kanyang pagiging kaibig-ibig, magawang ibigin ang ating Diyos sa kaibuturan ng ating mga puso, at maipahayag ang pag-ibig na taglay nating lahat para sa Diyos sa magkakaiba nating katayuan; nawa ay ipagkaloob sa atin ng Diyos ang mga pusong walang maliw na taos-pusong umiibig sa Kanya—ito ang Aking inaasam. Yamang nasabi ito, nakadarama Ako ng bahagyang simpatya para sa Aking mga kapatirang lalaki at babae na ipinanganak din sa lupaing ito ng karumihan, at kaya sumibol sa loob Ko ang pagkamuhi sa malaking pulang dragon. Hinahadlangan nito ang ating pag-ibig para sa Diyos at inuudyukan ang ating pagkaganid sa ating

panghinaharap na mga kagustuhan. Tinutukso tayo nito na maging negatibo, na lumaban sa Diyos. Ang malaking pulang dragon ang matagal nang luminlang sa atin, ginawa tayong tiwali, at sumisira sa atin hanggang ngayon, hanggang sa punto na hindi na natin makayang suklian ng ating mga puso ang pag-ibig ng Diyos. Nasa ating mga puso ang pagnanais, ngunit sa kabila ng ating mga sarili, wala tayong lakas. Lahat tayo ay mga biktima nito. Sa kadahilanang ito, namumuhi Ako rito mula sa kaibuturan ng Aking kalooban, at hindi na Ako makapaghintay na wasakin ito. Gayunpaman, kapag muli Akong nag-iisip, wala ring mangyayari rito at magdadala lang ito ng kaguluhan sa Diyos, kaya bumabalik Ako sa mga salitang ito—itinalaga Ko ang Aking puso sa paggawa sa Kanyang kalooban—ang ibigin ang Diyos. Ito ang landas na Aking tinatahak—ito ang landas na kung saan Ako, ang isa sa Kanyang mga nilalang, ay dapat na lumakad. Ganito Ko dapat gugulin ang Aking buhay. Ito ang mga salita mula sa Aking puso, at umaasa Ako na ang Aking mga kapatirang lalaki at babae ay magkakamit ng kaunting pampasigla matapos basahin ang mga salitang ito upang ang Aking puso ay makapagkamit ng kaunting kapayapaan. Dahil ang Aking mithiin ay gawin ang kalooban ng Diyos at sa gayon ay isabuhay ang isang nagliliwanag at nagniningning na buhay na puspos ng kabuluhan. Sa ganito, makakaya Kong mamatay nang walang mga pagsisisi, nang may pusong puno ng kaluguran at kaginhawahan. Nais mo bang gawin iyon? Ikaw ba ay isang tao na may ganoong uri ng pagpapasya?

Na ang Diyos ay kayang gumawa sa tinaguriang “taong maysakit sa Silangang Asya” ay Kanyang dakilang kapangyarihan. Ito ang Kanyang pagpapakumbaba at pagiging tago. Sa kabila ng Kanyang marahas na mga salita o pagkastigo tungo sa atin, dapat natin Siyang purihin mula sa kaibuturan ng ating mga puso para sa Kanyang pagpapakumbaba, at ibigin Siya hanggang sa katapus-tapusan dahil dito. Ang mga taong naigapos ni Satanas sa loob ng libu-libong taon ay patuloy na namuhay sa ilalim ng impluwensya nito at hindi pa maiwaksi ito. Nagpatuloy silang mangapa at makibaka nang may kapaitan. Sa nakaraan sila ay magsusunog ng insenso, at yuyukod at idadambana si Satanas, at sila ay mahigpit na nakatali sa pamilya at makasanlibutang mga pagkakasangkot gayundin sa mga panlipunang pakikipag-ugnayan. Hindi nila naiwaksi ang mga ito. Sa ganitong uri ng lipunan na parang mga asong nagkakagatan, saan ba makasusumpong ang sinuman ng makahulugang buhay? Ang salaysay ng mga tao ay isang buhay ng pagdurusa, at sa kabutihang-palad, nailigtas na ng Diyos ang inosenteng mga taong ito, inilalagay ang ating mga buhay sa ilalim ng Kanyang pangangalaga at pag-iingat, upang ang ating mga buhay ay maligaya at hindi na puno ng mga pag-aalala. Patuloy tayong nabubuhay sa ilalim ng Kanyang biyaya hanggang sa ngayon. Hindi ba ito pagpapala ng Diyos? Paano mangangahas ang sinuman na humingi nang labis-labis sa Diyos? Napakaliit ba ng naibigay na Niya sa atin? Hindi pa rin ba kayo nasisiyahan? Sa tingin Ko ay dumating na ang panahon upang suklian natin ang pag-ibig ng Diyos. Maaaring dumaranas tayo ng matinding pangungutya, paninirang-puri, at pang-uusig dahil tinatahak natin ang landas ng paniniwala sa Diyos, subalit naniniwala Ako na ito ay isang

makabuluhang bagay. Ito ay isang bagay ng kaluwalhatian, hindi kahihiyan, at anuman ang mangyari, marami ang mga pagpapalang ating tinatamasa. Sa di-mabilang na mga pagkakataon ng pagkabigo, ang mga salita ng Diyos ay naghatid na ng kaginhawahan, at bago pa natin mamalayan, ang kalungkutan ay naging kagalakan na. Sa di-mabilang na mga pagkakataon ng pangangailangan, ang Diyos ay naghatid na ng mga pagpapala at tayo ay natustusan sa pamamagitan ng Kanyang mga salita. Sa di-mabilang na mga pagkakataon ng karamdaman, ang mga salita ng Diyos ay naghatid na ng buhay—napalaya na tayo mula sa panganib, at bumaling mula sa panganib tungo sa kaligtasan. Natamasa mo na ang napakaraming bagay na gaya ng mga ito nang hindi ito napagtatanto. Wala ka bang naaalala rito?

Ang Landas ... 3

Sa Aking buhay, lagi Akong nagagalak na ibigay ang Aking buong isip at katawan sa Diyos. Saka lang walang panunumbat ang Aking konsensiya at mapayapa kahit paano. Ang mga naghahangad ng buhay ay dapat munang ibigay ang kanilang buong puso sa Diyos; ito ay patiunang kundisyon. Nais Ko na ang Aking mga kapatirang lalaki at babae ay kasama Kong manalangin sa Diyos: “O Diyos! Nawa ang Iyong Espiritu sa langit ay magkaloob ng biyaya sa mga tao sa lupa, upang ang Aking puso ay maaaring lubos na bumaling sa Iyo, upang ang Aking Espiritu ay maaaring maantig Mo, upang maaaring makita Ko ang Iyong pagiging kaibig-ibig sa Aking puso at Aking Espiritu, at upang ang mga nasa lupa ay maaaring pagpalaing makita ang Iyong kagandahan. Diyos! Nawa ang Iyong Espiritu ay minsan pang antigin ang aming mga espiritu, upang ang aming pag-ibig ay maaaring maging walang hanggan at di-nababago!” Sa ating lahat, sinusubok muna ng Diyos ang ating mga puso—at kapag ibinuhos na natin ang ating mga puso sa Kanya, nagsisimula Siyang antigin ang ating mga espiritu. Sa mga espiritu lang natin makikita ang pagiging kaibig-ibig, kataas-taasan, at kadakilaan ng Diyos. Ito ang landas ng Banal na Espiritu sa mga tao. Mayroon ka ba ng ganitong uri ng buhay? Naranasan mo na ba ang buhay ng Banal na Espiritu? Naantig na ba ng Diyos ang iyong espiritu? Nakita mo na ba kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu sa mga tao? Naibigay mo na ba ang iyong buong puso sa Diyos? Kapag naibigay mo na ang iyong buong puso sa Diyos, makakaya mong tuwirang maranasan ang buhay ng Banal na Espiritu, at ang Kanyang gawain ay patuloy na maipahahayag sa iyo. Sa panahong iyon, ikaw ay magiging isang tao na ginagamit ng Banal na Espiritu. Nais mo ba na maging ganoong uri ng tao? Naaalala Ko kung paano, noong Ako ay naantig ng Banal na Espiritu at ibinigay ang Aking puso sa Diyos sa unang pagkakataon, nagpatirapa Ako sa harapan Niya at humiyaw: “O Diyos! Binuksan Mo ang Aking mga mata at pinahintulutan Akong malaman ang Iyong pagliligtas. Nais Kong ibigay ang Aking buong puso sa Iyo, at hinihiling Ko lang na mangyari ang Iyong kalooban, nais Ko

lang na makamit ng Aking puso ang Iyong pagsang-ayon sa Iyong presensya, at hinihiling Ko lang na masunod ang Iyong kalooban.” Hinding-hindi Ko malilimutan ang panalanging iyon; Ako ay lubos na naantig, at napahagulhol Ako sa pagdadalamhati sa harapan ng Diyos. Iyon ang Aking unang matagumpay na panalangin sa presensya ng Diyos bilang isang taong nailigtas, at ito ang unang pagnanais ng Aking puso. Pagkatapos noon, malimit Akong naantig ng Banal na Espiritu. Nagkaroon ka na ba ng ganitong uri ng karanasan? Paano gumawa ang Banal na Espiritu sa iyo? Sa palagay Ko, kahit sa paano, ang karanasang ito ay nararanasan ng lahat ng naghahangad na ibigin ang Diyos—kaya nga lang ay nakalilimutan nila. Kung sinasabi ng isang tao na hindi pa sila nagkaroon ng ganitong karanasan, pinatutunayan nito na sila ay hindi pa naililigtas, at nasa ilalim pa rin ng sakop ni Satanas. Ang gawain ng Banal na Espiritu na karaniwan sa ating lahat ay ang landas ng Banal na Espiritu, at ito rin ang landas ng mga naniniwala at naghahanap sa Diyos. Ang unang hakbang ng gawain na ginagampanan ng Banal na Espiritu sa mga tao ay ang pag-antig sa kanilang mga espiritu, matapos ito, nagsisimula silang mahalin ang Diyos, at maghangad ng buhay, at ang lahat ng tumatahak sa landas na ito ay nasa daloy ng Banal na Espiritu. Ang mga ito ay hindi lang ang mga dinamiko ng gawain ng Diyos sa kalakhang-lupain ng Tsina, bagkus ay sa buong sansinukob. Samakatuwid ay gumagawa Siya sa lahat. Kung ang isang tao ay hindi pa naantig kailanman, pinatutunayan nito na siya ay nasa labas ng daloy ng pagpapagaling. Sa Aking puso, nananalangin Ako sa Diyos nang walang patid, hinihiling na antigin Niya ang lahat ng tao, na ang lahat ng nasa ilalim ng araw ay maantig Niya at lumakad sa landas na ito. Marahil ito ay isang napakaliit na kahilingan Ko sa Diyos, ngunit naniniwala Ako na gagawin Niya ito. Umaasa Ako na lahat ng Aking mga kapatirang lalaki at babae ay mananalangin para rito, upang maaaring mangyari ang kalooban ng Diyos, at nang maaaring matapos ang Kanyang gawain sa lalong madaling panahon, upang makapamahinga ang Kanyang Espiritu sa langit. Ito ang Aking sariling maliit na pag-asa.

Naniniwala Ako na yamang napasimulan na ng Diyos ang Kanyang gawain sa isang kuta ng mga demonyo, tiyak na kaya Niya ring gawin iyon sa di-mabilang na iba pa sa buong sansinukob. Tayong nasa huling kapanahunan ay tiyak na makikita ang araw ng kaluwalhatian ng Diyos, tulad ng sinabi na “ang sumusunod hanggang sa katapusan ay maliligtas.” Walang sinuman ang makapapalit sa Diyos sa yugtong ito ng Kanyang gawain—ang Diyos Mismo lang ang makagagawa ng gawaing ito, sapagkat ang yugtong ito ng gawain ay di-pangkaraniwan, ito ay isang yugto ng gawain ng paglupig, at hindi kayang lupigin ng mga tao ang ibang tao. Nalulupig lang ang mga tao kapag ang Diyos ay nagsasalita gamit ang sarili Niyang bibig at kumikilos gamit ang sarili Niyang kamay. Sa buong sansinukob, ginagamit ng Diyos ang bansa ng malaking pulang dragon bilang isang dakong subukan, pagkatapos nito ay pasisimulan Niya ang gawaing ito sa buong sansinukob. Sa gayon ay isasakatuparan Niya ang lalong mas malaki pang gawain sa buong sansinukob, at ang lahat ng tao ng sansinukob ay tatanggap ng gawain ng

paglupig ng Diyos. Ang mga tao ng bawat relihiyon at bawat denominasyon ay dapat tanggapin ang yugtong ito ng gawain. Ito ay landas na dapat tahakin—walang sinumang makatatakas dito. Handa ka bang tanggapin itong ipinagkatiwala ng Diyos? Lagi Kong nadarama na ang pagtanggap sa tagubilin ng Banal na Espiritu ay isang maluwalhating bagay. Ang tingin Ko rito, ito ang pinakadakilang tagubiling ibinibigay ng Diyos sa sangkatauhan. Umaasa Ako na ang Aking mga kapatirang lalaki at babae ay gagawa nang masigasig kaagapay Ko at tatanggapin ang tagubiling ito mula sa Diyos, upang ang Diyos ay maaaring magtamo ng kaluwalhatian sa buong sansinukob at sa dako sa itaas, at ang ating mga buhay ay hindi mawawalan ng kabuluhan. Dapat tayong gumawa ng isang bagay para sa Diyos, o dapat tayong manumpa. Kung ang mga tao ay hindi naghahangad ng anumang mithiin kapag naniniwala sila sa Diyos, walang saysay ang kanilang mga buhay, at kapag dumating ang sandali ng kanilang kamatayan, ang makikita lang nila ay ang asul na kalangitan at ang maalikabok na lupa. Iyan ba ay makabuluhang buhay? Kung kaya mong matupad ang mga hinihingi ng Diyos habang nabubuhay ka, hindi ba ito isang mainam na bagay? Bakit lagi kang nagdudulot ng gulo sa sarili mo at bakit lagi kang nanlulumo? Nakapagkamit ka na ba ng kahit ano mula sa Diyos, sa ganyang pagkilos? At ang Diyos ba ay makapagkakamit ng anuman mula sa iyo? Sa Aking panata sa Diyos, mayroon lang pangako ng Aking puso; hindi Ko sinusubukang linlangin Siya sa mga salita. Hindi Ko gagawin ang gayong bagay kailanman—nais Ko lang na aliwin ang Diyos na iniibig Ko ng Aking puso, upang ang Kanyang Espiritu sa langit ay maaaring maaliw. Maaaring mahalaga ang puso, nguni't mas mahalaga ang pag-ibig. Ibibigay Ko ang pinakamahalagang pag-ibig sa Aking puso sa Diyos upang Kanyang matamasa ang pinakamagandang bagay na mayroon Ako, at upang Siya ay maaaring malugod sa pag-ibig na inihahandog Ko sa Kanya. Handa ka bang ibigay ang iyong pag-ibig sa Diyos upang tamasahin Niya? Handa ka ba na gawin itong puhunan ng iyong pag-iral? Sa Aking mga karanasan, nakita Ko na habang mas higit ang pag-ibig na ibinibigay Ko sa Diyos, mas higit ang nasusumpungan Kong kagalakan sa pamumuhay; bukod pa rito, walang limitasyon sa Aking kalakasan, at magalak Kong inihahandog ang Aking buong katawan at isipan, at laging nadarama na hindi maaaring maibig Ko nang sapat ang Diyos. Kaya ang pag-ibig mo ba ay pag-ibig na napakaliit, o ito ba ay walang hangganan, di-masukat? Kung tunay na nais mong ibigin ang Diyos, palagi kang magkakaroon ng higit pang pag-ibig na maisusukli sa Kanya—at kung gayon, sinong tao at anong bagay ang maaaring maging hadlang sa iyong pag-ibig para sa Diyos?

Itinatangi ng Diyos ang pag-ibig ng bawat tao. Sa lahat ng umiibig sa Kanya, muling dinoble ang Kanyang mga pagpapala, sapagka't ang pag-ibig ng tao ay napakahirap makuha, at napakakaunti lang nito, halos hindi ito masusumpungan. Sa buong sansinukob, sinubukan na ng Diyos na hingin sa mga tao na mahalin din Siya, subalit sa lahat ng kapanahunan magpahanggang sa ngayon, tanging iilan—sandakot—ang nakapagsukli ng tunay na pag-ibig sa Kanya. Sa abot ng natatandaan Ko, isa rito si

Pedro, ngunit siya ay personal na ginabayan ni Jesus at sa panahon lang ng kanyang kamatayan niya ibinigay ang kanyang buong pag-ibig sa Diyos, at pagkatapos ay nagwakas ang kanyang buhay. At sa gayon, sa ilalim ng ganitong karumal-dumal na mga kalagayan, pinakitid ng Diyos ang sakop ng Kanyang gawain sa sansinukob, at ginamit ang bansa ng malaking pulang dragon bilang isang lugar ng pagpapakitaan, na itinutuon ang lahat ng Kanyang lakas at Kanyang pagsisikap sa isang dako, upang gawing mas epektibo ang Kanyang gawain, at mas kapaki-pakinabang sa Kanyang patotoo. Sa ilalim ng dalawang kundisyong ito na inilipat ng Diyos ang Kanyang gawain ng buong sansinukob sa mga taong ito sa kalakhang-lupain ng Tsina, na may pinakamahinang kakayahan sa lahat, at sinimulan ang Kanyang mapagmahal na gawain ng paglupig. At matapos Niyang magawang mahal Siya ng lahat ng taong ito, isasakatuparan Niya ang susunod na hakbang ng Kanyang gawain, na siyang plano ng Diyos. Sa gayon ang Kanyang gawain ay nagtatamo ng pinakamainam na epekto. Ang sakop ng Kanyang gawain ay may kapwa sentro at mga limitasyon. Maliwanag kung gaano kalaki ang halaga na binayaran na ng Diyos at kung gaano kalaki ang pagsisikap na ginugol na Niya sa pagsasakatuparan ng Kanyang gawain sa atin, upang dumating ang ating araw. Ito ang ating pagpapala. Ang nakagugulo sa mga kuru-kuro ng mga tao, samakatuwid, ay na ang mga Kanluranin ay naiinggit sa atin sa pagiging isinilang sa isang magandang lugar, subalit nakikita nating lahat ang ating mga sarili bilang mababa at dukha. Hindi ba't ito ay pagtataas ng Diyos sa atin? Ang mga inapo ng malaking pulang dragon, na palagi nang niyuyurakan, ay tinitingala ng mga Kanluranin—ito ay tunay na ating pagpapala. Kapag iniisip Ko ito, Ako ay napupuspos ng kabaitan ng Diyos, at ng Kanyang kagiliwan at pagiging malapit. Ipinakikita nito na ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay hindi katugma ng mga kuru-kuro ng tao. Bagaman isinumpa ang lahat ng taong ito, hindi Siya nalilimitahan ng mga paghihigpit ng kautusan at sinadya Niyang ilipat ang sentro ng Kanyang gawain sa bahaging ito ng lupa. Ito ay kung bakit Ako ay nagsasaya, bakit Ako nakadarama ng di-masukat na kasiyahan. Bilang isang nangunguna sa gawain, gaya ng mga punong saserdote sa mga Israelita, nakakaya Ko na tuwirang isakatuparan ang gawain ng Espiritu at tuwirang paglingkuran ang Espiritu ng Diyos; ito ang Aking pagpapala. Sinong mangangahas na mag-isip ng gayong bagay? Subalit ngayon, ito ay di-inaasahang dumating na sa atin. Ito ay tunay na isang napakalaking kagalakan na nararapat nating ipagdiwang. Umaasa Ako na patuloy tayong pagpalain ng Diyos, at itaas tayo, upang ang mga kasama nating namumuhay sa tumpok ng dumi ay maaaring magamit nang mahusay ng Diyos, at sa gayon ay masuklian ang Kanyang pag-ibig.

Ang pagsusukli sa pag-ibig ng Diyos ang landas na Aking tinatahak ngayon, subalit lagi Kong nadarama na hindi ito ang kalooban ng Diyos, ni ito ang landas na dapat Kong nilalakaran. Na magamit Ako nang mahusay ng Diyos—ito ang kalooban ng Diyos, at ito ang landas ng Banal na Espiritu. Marahil ay nagkakamali Ako, subali't iniisip Ko na ito ang Aking landas, sapagkat matagal na Akong nanumpa sa Diyos na hiniling Kong gabayan Niya Ako, upang Ako ay makatapak sa landas na dapat Kong tahakin

kaagad-agad, at mapasiyahan ang kalooban ng Diyos sa lalong madaling panahon. Anuman ang iniisip ng iba, naniniwala Ako na ang pagsunod sa kalooban ng Diyos ang pinakamahalaga. Wala nang mas mahalaga pa sa Aking buhay, at walang sinuman ang makapagkakait sa Akin ng karapatang ito. Ito ang Aking pansariling pananaw, at marahil ay may ilang hindi makauunawa rito, ngunit hindi Ko iniisip na kailangan Ko itong pangatwiran kahit kanino. Tatahakin Ko ang landas na dapat Kong tahakin—sa sandaling makita Ko ang landas na dapat Akong naroon ay tatahakin Ko ito at hindi uurong. Sa gayon, bumabalik Ako sa mga salitang ito: Itinalaga Ko na ang Aking puso sa paggawa ng kalooban ng Diyos. Nakatitiyak Ako na hindi Ako pipintasan ng Aking mga kapatirang lalaki at babae! Sa pangkalahatan, sa personal Kong nakikita rito, masasabi ng ibang tao ang gusto nila, subalit nadarama Ko na ang paggawa ng kalooban ng Diyos ang pinakamahalaga, at walang dapat na makapigil sa Akin dito. Hindi kailanman magiging mali ang pagsunod sa kalooban ng Diyos! At hindi ito pagkilos batay sa sariling mga interes ng isang tao! Naniniwala Ako na tiningnan ng Diyos ang loob ng Aking puso! Kaya paano mo ito uunawain? Handa ka bang ialay ang iyong sarili para sa Diyos? Handa ka bang magpagamit sa Diyos? Nanunumpa ka bang susundin ang kalooban ng Diyos? Umaasa Ako na makatutulong kahit paano ang Aking mga salita sa Aking mga kapatirang lalaki at babae. Bagaman walang malalim patungkol sa Aking mga kabatiran, sinasabi Ko pa rin ang mga ito sa iyo, upang maibahagi natin ang ating kaloob-loobang mga damdamin, nang walang anumang mga hadlang sa pagitan natin, upang mapasat-in ang Diyos magpakailanman. Ito ang mga salita mula sa Aking puso. Sige! Iyon lang ang kailangan Kong sabihin mula sa Aking puso ngayong araw. Umaasa Ako na ang Aking mga kapatirang lalaki at babae ay magpapatuloy na gumawa nang masigasig, at umaasa Ako na palagi tayong pangangalagaan ng Espiritu ng Diyos!

Ang Landas ... 4

Na nakakaya ng mga taong matuklasan ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos, mahanap ang daan ng pag-ibig sa Diyos sa kapanahunang ito, at na handa silang tanggapin ang pagsasanay ng kaharian ngayon—lahat ng ito ay biyaya ng Diyos, at higit pa rito, ito ang pagtataas Niya sa sangkatauhan. Kapag iniisip Ko ito, nadarama Ko nang matindi ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos. Tunay na minamahal tayo ng Diyos; kung hindi, sino ang makatutuklas sa Kanyang pagiging kaibig-ibig? Sa gayon Ko lang nakikita na ang lahat ng gawaing ito ay personal na ginagawa ng Diyos Mismo, at ang mga tao ay ginagabayan at pinapatnubayan ng Diyos. Nagpapasalamat Ako sa Diyos para rito, at nais Kong samahan Ako ng Aking mga kapatirang lalaki at babae sa pagpupuri sa Diyos: “Lahat ng kaluwalhatian ay suma-lyo, ang pinakamataas na Diyos Mismo! Nawa ang lyong kaluwalhatian ay sumagana at mabunyag sa mga kasama naming napili at nakamit Mo.” Binigyang-liwanag Ako ng Diyos: Ipinakita Niya sa Akin na patiunang

itinalaga na tayo ng Diyos maraming panahon na ang nakalipas, at nais Niyang makamit tayo sa mga huling araw, sa gayon ay tinutulutan ang sansinukob at ang lahat ng bagay na makita ang kaluwalhatian ng Diyos sa kabuuan nito sa pamamagitan natin. Tayo, sa gayon, ang mga naibunga ng anim na libong taon ng plano ng pamamahala ng Diyos; tayo ang mga huwaran, ang mga halimbawa ng gawain ng Diyos sa buong sansinukob. Ngayon Ko lang napagtanto kung gaano talaga tayo iniibig ng Diyos, at na ang gawaing ginagawa Niya sa atin at ang mga bagay na Kanyang sinasabi ay hinihigitan ang mga nasa nakaraang kapanahunan nang milyong ulit. Kahit na sa Israel o kay Pedro ay hindi personal na gumawa ng napakalaking gawain at nagsalita ng napakaraming salita ang Diyos—na nagpapakitang tayo, ang pangkat na ito ng mga tao, ay tunay na di-kapanipaniwalang pinagpala, di-maikukumparang mas pinagpala kaysa sa mga banal ng mga panahong lumipas. Ito ang dahilan kung bakit laging sinasabi ng Diyos na ang mga tao sa huling kapanahunan ay pinagpala. Anuman ang sabihin ng iba, naniniwala Ako na tayo ang pinakapinagpala ng Diyos. Dapat nating tanggapin ang mga pagpapalang ipinagkaloob sa atin ng Diyos; marahil ay mayroong ilan na dumaraing sa Diyos, nguni't naniniwala Ako na kung galing sa Diyos ang mga pagpapalang ito, nagpapatunay ito na nararapat tayo sa mga ito. Kahit na ang iba ay dumaraing o hindi masaya sa atin, naniniwala pa rin Ako na walang ibang makapagmamana o makapag-aalis sa atin ng mga pagpapalang ibinigay na ng Diyos sa atin. Sapagkat ang gawain ng Diyos ay isinasakatuparan sa atin at nagsasalita Siya sa atin nang harap-harapan—sa atin, at wala nang iba pa—ginagawa ng Diyos ang nais Niya. At kung hindi kumbinsido ang mga tao, hindi ba nagdudulot lang sila ng kaguluhan sa kanilang mga sarili? Hindi ba sila nagdadala ng paghamak sa kanilang mga sarili sa paggawa noon? Bakit Ko sinasabi ang gayong mga bagay? Sapagkat may malalim Akong pagpapahalaga rito. Gaya ng gawaing ginagawa ng Diyos sa Akin, halimbawa: Ako lang ang makagagawa ng gawaing ito—magagawa ba ito ng iba? Naging mapalad Akong matanggap ang tagubiling ito mula sa Diyos—magagawa ba ito ng iba nang basta-basta? Umaasa Ako, gayunpaman, na mauunawaan ng Aking mga kapatirang lalaki at babae ang Aking puso. Hindi Ako nagyayabang tungkol sa Aking mga kredensiyal, bagkus ay nagpapaliwang ng isang usapin. Nais Kong ibigay ang lahat ng kaluwalhatian sa Diyos, at na nawa ay tumingin ang Diyos sa puso ng bawat isa sa atin, upang ang ating mga puso ay maaaring madalisay sa harapan Niya. Sa Aking puso, hinihiling Ko na maging ganap na makamit ng Diyos, na maging isang dalisay na birhen na isinakripisyo sa dambana, at bukod pa rito, na magkaroon ng pagkamasunurin ng isang tupa, nagpapakita sa gitna ng buong sangkatauhan bilang isang banal na espirituwal na katawan. Ito ang Aking pangako, ang panatang itinalaga Ko sa harap ng Diyos. Hinihiling Kong tuparin ito at suklian ang pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan nito. Handa ka bang gawin ito? Naniniwala Ako na ang pangako Kong ito ay makapagpapalakas ng marami pang mas nakababatang kapatirang lalaki at babae, at na magdadala ito ng pag-asa sa maraming kabataan. Para sa Akin ay tila binibigyan ng Diyos ng espesyal na pagpapahalaga ang mga kabataan.

Marahil ito ay sarili Kong pagkiling, ngunit lagi Kong nadarama na ang mga kabataan ay may mga inaasam at pag-asa; tila gumagawa ang Diyos ng dagdag na gawain sa mga kabataan. Maaaring kulang sila sa kabatiran at karunungan, at maaaring sila ay masyadong masisigla at matatakutin gaya ng isang bagong silang na guya, gayunman ay naniniwala Ako na ang kabataan ay hindi lubos na mga walang halaga. Makikita mo ang kawalang-malay ng kabataan sa kanila at madali silang tumanggap ng mga bagong bagay. Bagaman ang mga kabataan ay kumikiling sa kayabangan, kabagsikan, at kapusukan, hindi nakaaapekto ang mga bagay na ito sa kanilang kakayahan na tumanggap ng bagong liwanag, sapagkat ang mga kabataan ay madalang na kumakapit sa luma, lipas na mga bagay. Iyan ang dahilan kung bakit nakikita Ko ang walang limitasyong pag-asa sa mga kabataan, at ang kanilang kasiglahan; ito ang dahilan na mayroon Akong magiliw na damdamin para sa kanila. Wala Akong kinaaayawan sa mga mas matatandang kapatirang lalaki at babae, subalit wala rin silang anumang interes para sa Akin—kung saan ay taos-puso Akong humihingi ng paumanhin sa kanila. Marahil ang Aking nasabi ay wala sa lugar o walang pakundangan, subalit umaasa Ako na mapatatawad ninyong lahat ang Aking kawalang-ingat, sapagkat napakabata Ko pa upang masyadong bigyang-pansin ang Aking paraan ng pagsasalita. Subalit sa totoo lang, ang mas matatandang kapatirang lalaki at babae, matapos ang lahat, ay may ginagampanang tungkulin—hindi sila ganap na mga walang silbi. Iyon ay dahil may karanasan sila sa pangangasiwa ng mga bagay-bagay; sila ay matatag sa kung paano nila pangangasiwaan ang mga bagay-bagay, at hindi sila nagkakamali nang ganoon karami. Hindi ba ang mga ito ang kanilang mga kalakasan? Sabihin nating lahat sa harap ng Diyos: “O Diyos! Nawa ay magampanan naming lahat ang aming sariling mga tungkulin sa aming iba’t ibang katayuan at nawa ay magawa naming lahat ang aming makakaya para sa Iyong kalooban!” Naniniwala Ako na ito ang kalooban ng Diyos!

Sa Aking karanasan, marami sa mga lantarang sumasalungat sa daloy na ito—na yaong tuwirang sumasalungat sa Espiritu ng Diyos—ay mas matatanda. Ang mga taong ito ay may napakatibay na mga relihiyosong kuru-kuro; sa bawat pagkakataon, ikinukumpara nila ang mga salita ng Diyos sa mga bagay na lipas na, at sinusubukang itugma ang mga salita ng Diyos sa mga bagay na tinanggap sa nakaraan. Hindi ba sila kakatwa? Maisasakatuparan ba ng gayong mga tao ang gawaing ipinagkatiwala sa kanila ng Diyos? Magagamit ba ng Diyos ang gayong mga tao sa Kanyang gawain? Ang Banal na Espiritu ay may pamamaraan para sa anumang araw ng Kanyang gawain; kung kakapit ang mga tao sa makalumang mga bagay, darating ang araw na itutulak sila mula sa entablado ng kasaysayan. Sa bawat yugto ng Kanyang gawain, gumagamit ang Diyos ng bagong mga tao. Hindi ba nagdadala ng pagkawasak sa mga tao ang mga sumusubok na mangaral sa iba gamit ang mga bagay na lipas na? At hindi ba nila inaantala ang gawain ng Diyos? At kung gayon, kailan matatapos ang gawain ng Diyos? Marahil ay may ilang tao na may ilang kuru-kuro tungkol sa kasasabi Ko lang. Marahil ay hindi sila kumbinsido. Subalit hindi Ko nais na mag-alala ka: Di magtatagal,

maraming bagay na gaya nito ang mangyayari, at maipaliliwanag lang ang mga ito sa pamamagitan ng mga katunayan. Bisitahin natin ang ilang mahahalagang personalidad, ilang prestihiyosong pastor o mga tagapagpaliwanag ng Bibliya at ipangaral ang daloy na ito sa kanila. Hindi sila hayagang lalaban dito sa una, tiyak iyon—ngunit ilalabas nila ang Bibliya upang hamunin ka. Ipasasalaysay nila sa iyo ang Aklat ni Isaias at Aklat ni Daniel, at ipapapaliwanag pa nila sa iyo ang Aklat ng Pahayag. At kung hindi ka makapagsasalita rito, tatanggihan ka nila, at tatawagin ka nilang isang huwad na Cristo, at sasabihing nagkakalat ka ng daan ng kalokohan. Makalipas ang isang oras ay gagawa sila ng mga maling paratang laban sa iyo hanggang hindi ka na makahinga. Hindi ba ito lantarang paglaban? Ngunit pasimula pa lang iyan. Hindi nila kayang pigilan ang susunod na hakbang ng gawain ng Diyos, at hindi magtatagal, pipilitin sila ng Banal na Espiritu na tanggapin ito. Ito ang di-mababagong pangyayari; ito ay isang bagay na hindi kayang gawin ng mga tao at isang bagay na hindi kayang guni-gunihin man lang ng mga tao. Naniniwala Ako na ang gawain ng Diyos ay lalaganap nang di-napipigilan sa buong sansinukob. Ito ang kalooban ng Diyos, at walang makapagpapatigil dito. Nawa ay bigyang-liwanag tayo ng Diyos at tulutan tayong tumanggap ng higit pang bagong liwanag, at huwag gambalain ang pamamahala ng Diyos sa bagay na ito. Nawa ay kaawaan tayo ng Diyos upang magawa nating lahat na makita ang pagsapit ng Kanyang araw ng kaluwalhatian. Ang sandali kung kailan ang Diyos ay makatanggap ng kaluwalhatian sa buong sansinukob ay siya ring sandali na makakamit natin ang kaluwalhatian kaagapay Niya. Tila iyon din ang magiging sandali na Ako ay mawawalay mula sa mga lumalakad na kasama Ko. Umaasa Ako na ang Aking mga kapatirang lalaki at babae ay magtataas ng kanilang mga tinig kasama ng sa Akin sa isang pagsusumamo sa Diyos: Nawa ang dakilang gawain ng Diyos ay matapos na sa lalong madaling panahon, upang makita nawa natin ang Kanyang araw ng kaluwalhatian sa panahon ng ating buhay. Umaasa pa rin Ako na matatamo ang kalooban ng Diyos sa panahon ng Aking buhay, at umaasa Ako na ipagpatuloy nawa ng Diyos na gawin ang Kanyang gawain sa atin, at na wala na kailanmang anumang mga hadlang. Ito ang Aking walang hanggang hangarin. Nawa ang Diyos ay laging sumaatin, at nawa ang Kanyang pag-ibig ay magtayo ng mga tulay sa pagitan natin upang ang pagkakaibigan sa pagitan natin ay magiging mas mahalaga. Umaasa Ako na ang pag-ibig ay makalilikha ng higit pang pagkaunawa sa pagitan natin at na ang pag-ibig na iyon ay magpapalapit pa sa atin, aalisin ang anumang pagkakalayo sa pagitan natin, at na ang pag-ibig sa pagitan natin ay magiging mas malalim, mas malawak, at mas matamis. Naniniwala Ako na ito nga ang kalooban ng Aking Diyos. Umaasa Ako na nawa ang Aking mga kapatirang lalaki at babae ay mas mapalapit pa sa Akin, at na nawa ay itangi naming lahat ang maikling mga araw namin na magkakasama, na nawa ang mga ito ay magsilbing magandang mga alaala para sa amin.

Maaaring may mas marami pang hakbang ng gawain ng Diyos sa kalakhang-lupain ng Tsina, subalit ang mga ito ay hindi kumplikado. Kung pag-iisipan ito, may katuturan

sa bawat hakbang ng Kanyang gawain; ang bawat isa ay personal na isinakatuparan ng Diyos, at ang lahat ay may bahaging ginampanan sa gawaing ito. Bawat tagpo ay talagang katawa-tawa, at sino nga ba ang makaiisip na ang mga taong ito ay magsasadula ng gayong drama, totoo-totoo ang kanilang pagganap sa gitna ng bawat pagsubok, ang lahat ng uri ng tao ay iginuhit nang napakalinaw at ganap sa ilalim ng panulat ng Diyos, bawat isa ay naglalantad nang labis sa liwanag ng araw? Subalit sa pamamagitan nito, hindi Ko sinasabi na pinaglalaruan ng Diyos ang mga tao sa pamamagitan ng Kanyang gawain. Walang magiging katuturan doon; may layunin ang gawain ng Diyos, at hindi Siya kailanman gagawa ng anumang walang kabuluhan o walang halaga. Ang lahat ng Kanyang ginagawa ay upang gawing perpekto ang mga tao, upang makamit sila. Mula rito ay tunay Kong nakikita na ang puso ng Diyos ay lubos na para sa kabutihan ng tao. Maaaring tinawag Ko itong isang drama, subalit masasabi rin na ang dramang ito ay hango sa tunay na buhay. Kaya lang ay para sa Diyos—ang pangkalahatang direktor ng dramang ito—ang mga tao ay naroon upang makipagtulungan sa Kanya sa pagtatapos ng gawaing ito. Sa ibang pakahulugan, gayunpaman, ginagamit ito ng Diyos upang makamit ang mga tao, upang mapangyari na lalo pa nila Siyang mahalin. Hindi ba ito ang kalooban ng Diyos? Kaya umaasa Ako na walang sinuman ang may anumang mga pag-aalala. Wala ka ba talagang kaalam-alam sa kalooban ng Diyos? Napakarami Ko nang nasabi—umaasa Ako na naunawaan na itong lahat ng Aking mga kapatirang lalaki at babae at hindi nagkamali ng pagpapakahulugan sa Aking puso. Wala Akong duda na lahat kayo ay makamit ng Diyos. Lahat ay lumalakad sa iba-ibang landas. Nawa ang landas sa ilalim ng inyong mga paa ay buksan ng Diyos, at nawa kayo ay manalangin sa Kanya at sabihin: O Diyos! Hinihiling ko na makamit Mo ako, upang ang aking espiritu ay maaaring makabalik sa Iyo. Handa ka bang hanapin ang paggabay ng Diyos sa kaibuturan ng iyong espiritu?

Ang Landas ... 5

Sa nakaraan, walang sinuman ang nakakilala sa Banal na Espiritu, mas lalong wala silang kamalayan sa landas na tinatahak ng Banal na Espiritu. Ito ang dahilan kung bakit palaging nagmumukhang tanga ang mga tao sa harapan ng Diyos. Patas na sabihin na halos lahat ng naniniwala sa Diyos ay hindi nakakakilala sa Banal na Espiritu, at ang kanilang pananampalataya ay magulo at lito. Maliwanag na hindi nauunawaan ng mga tao ang Diyos; at kahit na maaaring sabihin ng kanilang mga bibig na naniniwala sila sa Kanya, sa diwa, batay sa kanilang mga pag-uugali, naniniwala sila sa kanilang mga sarili, hindi sa Diyos. Sa Aking sariling aktwal na mga karanasan, nakita Kong nagpapatotoo ang Diyos sa nagkatawang-taong Diyos, at sa panlabas lumilitaw na ang mga tao ay napipilitang kilalanin ang patotoo ng Diyos, bahagya lamang na masasabi na naniniwala sila na ang Espiritu ng Diyos ay ganap na walang kamalian. Gayunpaman,

sinasabi Ko na ang pinaniniwalaan ng mga tao ay hindi ang personang ito, mas lalong hindi ang Espiritu ng Diyos, kundi ang kanilang sariling nararamdaman. Hindi ba sila naniniwala lamang sa kanilang mga sarili sa paggawa niyan? Ang sinasabi Ko ay totoo. Hindi ko binabansagan ang mga tao, nguni't may isang bagay na kailangan Kong linawin: Na ang mga tao ay nadala hanggang ngayon, nalilinawan man sila o nalilito, ito ay dahil lahat sa Banal na Espiritu. Ito ay hindi isang bagay na may anumang kontrol ang mga tao. Ito ay isang halimbawa ng nabanggit Ko na noon tungkol sa pamimilit ng Banal na Espiritu sa paniniwala ng mga tao; ito ang paraan ng paggawa ng Banal na Espiritu, at ito ang landas na tinatahak ng Banal na Espiritu. Kaninuman, sa diwa, naniniwala ang mga tao, pilit na binibigyan ng Banal na Espiritu ng isang uri ng pakiramdam ang mga tao, pinapaniwala sila sa Diyos na nasa kanilang mga puso. Hindi ba ganyan ka maniwala? Hindi mo ba nararamdaman na ang iyong paniniwala sa Diyos ay isang kakaibang bagay? Hindi mo ba naiisip na kakatwa na hindi ka makatakas sa daloy na ito? Hindi mo pa ba pinagsikapang isipin ang tungkol dito? Hindi ba ito ang pinakadakila sa lahat ng tanda at kababalaghan? Kahit na maraming beses ka nang nagkaroon ng pag-uudyok na tumakas, palaging mayroong isang malakas na pwersa ng buhay na umaakit sa iyo at nagsasanhi sa iyo na mag-atubiling umalis. At sa tuwing nakikita mo ang iyong sarili sa ganitong kalagayan, palagi kang nagsisimulang umiyak at humagulgol, naguguluhan kung ano ang susunod na gagawin. Ang ilan sa inyo ay sumusubok na umalis, nguni't nang paalis na kayo, para itong isang kutsilyo na nakatusok sa puso, para bang ang iyong kaluluwa ay nakuha sa iyo ng isang makalupang multo, na iniwang balisa at walang kapayapaan ang iyong puso. Pagkatapos, hindi mo mapigilang tibayan ang iyong loob at bumalik sa Diyos. ... Hindi mo pa ba naranasan ito? Wala Akong alinlangan na ang mga nakababatang kapatid, na kayang buksan ang kanilang mga puso, ay magsasabing: "Oo! Naranasan ko na ito nang maraming beses, nahihiya akong isipin pa ito!" Sa Aking sariling buhay sa araw-araw, palagi Akong masaya na ituring ang Aking mga nakababatang kapatid bilang Aking mga kaniig, dahil napakainosente nila—napakadalisay nila at kaibig-ibig. Para silang mga sarili Kong kasamahan. Ito ang dahilan kung bakit lagi Akong naghahanap ng pagkakataon na pagsama-samahin ang Aking mga kaniig upang pag-usapan ang aming mga mithiin at mga plano. Nawa'y maisakatuparan sa atin ang kalooban ng Diyos upang tayong lahat ay maging tulad ng laman at dugo, walang kahit anong hadlang o distansya sa pagitan natin. Nawa'y ipanalangin nating lahat: "O Diyos! Kung ito ay kalooban Mo, nagmamakaawa kami na ibigay Mo sa amin ang tamang kapaligiran, upang matupad namin ang mga inaasam ng aming mga puso. Nawa'y kaawaan Mo kaming mga bata at kulang pa sa katwiran, at hayaan kaming gamitin ang lakas na nasa aming mga puso!" Nagtitiwala Ako na ito ay kalooban ng Diyos, dahil matagal na Akong nanalangin sa Diyos at sinabi: "Ama! Sa lupa, tumatawag kami sa lyo nang walang tigil, nag-aasam na ang lyong kalooban ay maganap na sa lalong madaling panahon sa lupa. Hahanapin Ko ang lyong kalooban. Gawin Mo nawa ang lyong nais

gawin at tapusin Mo agad-agad ang Iyong ibinigay na gawain sa Akin. Nakahanda pa Ako na magbukas Ka ng bagong landas sa amin, kung ang kahulugan nito ay tinutupad na ang Iyong kalooban sa lalong madaling panahon! Hinihingi Ko lamang na ang Iyong gawain ay matapos na sa lalong madaling panahon, at nagtitiwala Ako na walang anumang tuntunin ang makakapigil dito!” Ganito ang gawain ng Diyos ngayon; hindi mo ba nakikita ang landas na tinatahak ng Banal na Espiritu? Sa tuwing nakikipagkita Ako sa mga nakakatandang kapatid, mayroon Ako nitong hindi mailarawang pagkaramdam ng kaapihan. Kapag nakikipagkita Ako sa kanila, nakikita Kong amoy-lipunan sila; ang mga relihiyosong kuru-kuro nila, ang karanasan nila sa paghawak ng mga bagay-bagay, ang kanilang paraan ng pananalita, ang mga salitang ginagamit nila, at iba pa—lahat sila ay nakakainis. Sila diumano ay puno ng “karunungan.” Palagi Akong lumalayo sa kanila hangga’t kaya Ko, dahil para sa Aking sarili, wala Akong mga pilosopiya para sa pamumuhay sa mundo. Sa tuwing nakakatagpo Ko ang mga taong ito, para Akong pagod na pagod, basang-basa ng pawis ang Aking ulo; minsan ang pakiramdam Ko’y aping-api Ako kaya halos hindi na Ako makahinga. Kaya sa mapanganib na sandaling ito, binibigyan Ako ng Diyos ng napakagandang paraan para makaalis. Marahil ay maling akala Ko lamang ito. Pinahahalagahan Ko lamang ang mga bagay na kapaki-pakinabang sa Diyos; ang paggawa sa kalooban ng Diyos ang pinakamahalaga. Lumalayo Ako sa mga taong ito, nguni’t kung hinihingi ng Diyos na makipagkita Ako sa kanila, sumusunod pa rin Ako. Hindi naman sa sila ay kasuklam-suklam, nguni’t ang kanilang “karunungan,” mga kuru-kuro, at mga pilosopiya sa pamumuhay sa mundo ay masyadong kasuklam-suklam. Naroon Ako para tapusin ang ibinigay na gawain ng Diyos, hindi upang matutunan kung paano nila ginagawa ang mga bagay-bagay. Natatandaan Ko kung paanong minsang sinabi ng Diyos sa Akin, “Sa lupa, hangarin lamang gawin ang kalooban ng Iyong Ama at tapusin ang Kanyang tagubilin. Wala Ka nang iba pang dapat alalahanin.” Ang pag-iisip dito ay nagbibigay sa Akin ng kaunting kapayapaan. Iyan ay dahil ang mga gawain ng tao ay palaging parang napakakumplikado para sa Akin; hindi Ko maintindihan ang mga ito, at hindi Ko alam kung ano ang gagawin Ko. Hindi na mabilang kung ilang beses na Akong nabagabag nang dahil dito at kinapootan ang sangkatauhan; bakit kailangang maging napakakumplikado ng mga tao? Bakit hindi sila maging simple? Bakit nag-aabala sa pagsisikap na maging napakatalino? Kapag nakakatagpo Ko ang mga tao, karamihan ay batay sa ibinigay na gawain ng Diyos sa Akin. Maaaring may ilang beses na hindi ganoon, nguni’t sino ang nakaaalam kung ano ang nakatago sa kaibuturan ng Aking puso?

Maraming beses Ko nang pinayuhan ang mga kapatid na kasama Ko na dapat silang maniwala nang kanilang buong puso sa Diyos, na hindi nila dapat pangalagaan ang kanilang sariling mga interes, kundi isaisip ang kalooban ng Diyos. Maraming beses na Akong nanangis nang may pighati sa harapan ng Diyos: Bakit hindi isinasaisip ng mga tao ang kalooban ng Diyos? Tiyak namang hindi basta na lamang naglalaho nang walang bakas ang gawain ng Diyos nang walang dahilan? At hindi Ko rin alam

kung bakit—halos naging isa na itong palaisipan sa Akin—kung bakit hindi kailanman nakikilala ng mga tao ang landas na tinatahak ng Banal na Espiritu, bagkus kumakapit pa rin sila sa mga di-normal na ugnayang mayroon sila sa iba? Nasusuka Ako tuwing nakakakita ng mga taong tulad nito. Sa halip na tumingin sa landas ng Banal na Espiritu, pinagtutuunan nila ang mga gawa ng tao. Malulugod kaya rito ang Diyos? Madalas Kong ikinalulungkot ito. Halos naging pasanin Ko na ito—at binabagabag din nito ang Banal na Espiritu. Hindi ba kayo nakakaramdam ng anumang pagsisisi sa inyong puso? Nawa’y buksan ng Diyos ang mga mata ng ating espiritu. Ako, na gumagabay sa mga tao na pumasok sa gawain ng Diyos, ay maraming beses nang nanalangin sa harapan ng Diyos: “O, Ama! Nais Kong ang Iyong kalooban ang maging sentro, hahanapin Ko ang Iyong kalooban, nais Kong maging tapat sa Iyong ibinigay na gawain, upang makamit Mo ang grupong ito ng mga tao. Nawa’y dalhin Mo kami sa lupain ng kalayaan, upang mahipo Ka namin ng aming mga espiritu, at nawa’y gisingin Mo ang mga espirituwal na damdamin sa loob ng aming mga puso!” Nais Ko na ang kalooban ng Diyos ay magawa, at kaya nananalangin Ako nang walang-tigil upang patuloy tayong bigyang-liwanag ng Kanyang Espiritu, nang matahak natin ang landas na pinangungunahan ng Banal na Espiritu—sapagka’t ang landas na tinatahak Ko ay ang landas ng Banal na Espiritu. At sino pa bang maaaring tumahak sa landas na ito sa Aking lugar? Ito ang lalo pang nagpapabigat sa Aking pasanin. Nararamdaman Kong para bang babagsak Ako, nguni’t may pananampalataya Akong hindi kailanman aantalan ng Diyos ang Kanyang gawain. Marahil ay magkakaaway lamang tayo sa sandaling naganap na ang Kanyang ibinigay na gawain. Kaya marahil, ang epekto ng Espiritu ng Diyos ang dahilan na lagi nang iba ang pakiramdam Ko. Para bang mayroong gawaing nais gawin ng Diyos, nguni’t hindi Ko pa rin matarok kung ano ito. Nguni’t nagtitiwala Akong walang sinuman sa lupa ang higit na mabuti kaysa sa Aking mga kaniig, at nagtitiwala Akong mananalangin sila para sa Akin sa harapan ng Diyos, at dahil dito’y labis-labis Akong nagpapasalamat. Inaasam Ko sa mga kapatid na sabihin kasabay Ko: “O, Diyos! Nawa’y ganap na maipamalas ang Iyong kalooban sa aming mga tao ng pangwakas na kapanahunan, upang maaari kaming pagpalain ng buhay ng espiritu, at mamasdan ang mga gawa ng Espiritu ng Diyos, at matingnan namin ang Kanyang totoong mukha!” Sa sandaling marating na natin ang hakbang na ito, tunay na tayong nabubuhay sa ilalim ng gabay ng Espiritu, at saka lamang tayo makakatingin sa totoong mukha ng Diyos. Na ang ibig sabihin, mauunawaan ng mga tao ang tunay na kahulugan ng lahat ng katotohanan, hindi makauunawa o makaiintindi ayon sa mga kuru-kuro ng tao, kundi ayon sa pagbibigay-kaliwanagan ng kalooban ng Espiritu ng Diyos. Ang lahat ng ito ay gawain ng Diyos Mismo, walang mga ideya ng tao rito; ito ang Kanyang plano ng gawain para sa mga gawang nais Niyang maging malinaw sa lupa, at ito ang huling bahagi ng Kanyang gawain sa lupa. Nais mo bang sumali sa gawaing ito? Nais mo bang maging bahagi nito? Naghangad ka ba na magawang perpekto ng Banal na Espiritu at makibahagi sa buhay ng espiritu?

Ang susi ngayon ay ang mas lumalim mula sa ating orihinal na pundasyon. Dapat tayong mas magpakalalim sa katotohanan, sa mga pangitain, at sa buhay—nguni't dapat Ko munang paalalahanan ang mga kapatid na upang makapasok sa hakbang na ito ng gawain, dapat mong iwaksi ang iyong dating mga kuru-kuro. Ibig sabihin, dapat mong baguhin ang paraan kung paano ka namumuhay, gumawa ng mga bagong plano, magpanibagong simula. Kung kumakapit ka pa rin sa kung anong mahalaga sa iyo noon, hindi makakagawa ang Banal na Espiritu sa iyo, at bahagya lamang Niyang maaalalayan ang iyong buhay. Ang mga hindi naghahangad, o pumapasok, o nagpaplano ay lubusang tatalikuran ng Banal na Espiritu—at kaya sinasabing napabayaang na sila ng kapanahunan. Umaasa Akong kayang unawain ng lahat ng kapatid ang Aking puso, at umaasa Akong mas maraming “mga bagong kasapi” ang tatayo upang makipagtulungan sa Diyos at kumpletuhin ang gawaing ito nang magkakasama. Nagtitiwala Akong pagpapalain tayo ng Diyos. Gayundin, nagtitiwala Akong bibigyan Ako ng Diyos ng mas marami pang kaniig, upang maaari Akong maglakad sa bawa't sulok ng lupa, at maaaring magkaroon ng mas dakilang pag-ibig sa pagitan natin. Higit pa roon, nagtitiwala Akong palalawakin ng Diyos ang Kanyang kaharian dahil sa ating mga pagsisikap; nais Kong umabot itong mga pagsisikap natin sa mga hindi pa naaabot na antas, na magtutulot sa Diyos na magkamit ng mas marami pang kabataan. Nais Kong gumugol tayo ng mas maraming oras sa pananalangin para dito, nais Kong manalangin tayo nang walang-tigil, upang magugol natin ang ating buong buhay sa harapan ng Diyos, at maging malapit sa Diyos hangga't maaari. Nawa'y wala na kailanmang muling maging hadlang sa pagitan natin, at nawa'y sumpaan nating lahat ang pangakong ito sa harapan ng Diyos: Na magtrabahong maigi nang sama-sama! Na maging tapat hanggang sa pinakadulo! Na hindi maghihiwalay, at laging magkakasama! Umaasa Akong mangangako ang lahat ng kapatid sa harapan ng Diyos, upang hindi kailanman magbago ang ating mga puso, at hindi kailanman matinag ang ating paninindigan! Alang-alang sa kalooban ng Diyos, sinasabi Kong muli: Tayo'y magtrabaho nang maigi! Magsikap tayo nang ating buong lakas! Tiyak na pagpapalain tayo ng Diyos!

Ang Landas ... 6

Dahil sa gawain ng Diyos kaya tayo ay nadala tungo sa kasalukuyan, at sa gayon tayo ang mga nakaligtas sa plano ng pamamahala ng Diyos. Na tayo ay nananatili hanggang sa ngayon ay isang dakilang pagtataas mula sa Diyos, sapagkat ayon sa plano ng Diyos, dapat na mawasak ang bansa ng malaking pulang dragon. Subalit iniisip Ko na marahil ay nagtatag na Siya ng isa pang plano, o ninanais Niyang isakatuparan ang isa pang bahagi ng Kanyang gawain, kaya kahit ngayon, hindi Ko maipaliwanag ito nang malinaw—para bang ito ay isang di-malutas na palaisipan. Subalit sa pangkalahatan, ang pangkat nating ito ay naitalaga na ng Diyos, at patuloy Akong naniniwala na may

iba pang gawain sa atin ang Diyos. Nawa magsumamo tayong lahat sa Langit sa gayon: “Nawa matupad ang Iyong kalooban, at nawa ay minsan Ka pang magpakita sa amin at huwag itago ang Iyong sarili upang makita nawa namin ang Iyong kaluwalhatian at ang Iyong mukha nang mas malinaw.” Lagi Kong nadarama na ang landas kung saan ginagabayan tayo ng Diyos ay hindi diretso, bagkus ay isang paliku-likong daan na puno ng mga lubak; sinasabi ng Diyos, bukod dito, na habang mas mabato ang landas, mas maibubunyag nito ang ating mga pusong mapagmahal. Gayunman ay wala ni isa man sa atin ang makapagbubukas ng gayong landas. Sa Aking karanasan, lumakad na Ako sa maraming mabato, mapanganib na mga landas at dumanas na Ako ng matinding pagdurusa; may mga sandali na lubos Akong namimighati hanggang sa punto na gusto Kong maghumiyaw, ngunit nilakaran Ko na ang landas na ito hanggang sa ngayon. Naniniwala Ako na ito ang landas na pinangungunahan ng Diyos, kaya tinitiiis Ko ang pagpapahirap ng lahat ng pagdurusa at nagpapatuloy na sumulong. Sapagkat ito ang naitalaga na ng Diyos, kaya sinong makatatakas dito? Hindi Ko hinihingi na makatanggap ng anumang mga pagpapala; ang hinihingi Ko lang ay makaya Kong lumakad sa landas na dapat Kong lakaran ayon sa kalooban ng Diyos. Hindi Ko hinahangad na gayahin ang iba, na lumakad sa landas na kanilang nilalakaran; ang hinahangad Ko lang ay nawa matupad Ko ang Aking debosyon na lumakad sa itinalaga sa Aking landas hanggang sa katapusan. Hindi Ko hinihingi ang tulong ng iba; sa totoo lang, hindi Ko rin matutulungan ang sinuman. Tila labis na napakasensitibo Ko sa bagay na ito. Hindi Ko alam kung ano ang iniisip ng ibang tao. Ito ay dahil lagi Akong naniniwala na kung gaano man ang dapat ipagdusa ng isang indibidwal at kung gaano man kalayo ang dapat nilang lakarin sa kanilang landas ay itinakda ng Diyos, at na walang sinuman ang tunay na makatutulong sa kaninuman. Marahil ang ilan sa ating masigasig na mga kapatirang lalaki at babae ay magsasabi na wala Akong pag-ibig, subalit ito lang ang Aking paniniwala. Lumalakad ang mga tao sa kanilang mga landas na umaasa sa paggabay ng Diyos, at nagtitiwala Ako na karamihan sa Aking mga kapatirang lalaki at babae ay mauunawaan ang Aking puso. Umaasa rin Ako na pinagkakalooban tayo ng Diyos ng mas nakahihigit na kaliwanagan sa aspetong ito, upang ang ating pag-ibig ay maaaring maging mas dalisay at ang ating pagkakaibigan ay maging mas mahalaga. Nawa ay hindi tayo malito sa paksang ito, bagkus ay magkamit lang ng higit pang kalinawan, upang ang ating mga pakikipag-ugnayan sa kapwa-tao ay maaaring maitatag batay sa pangunguna ng Diyos.

Gumawa na ang Diyos sa kalakhang-lupain ng Tsina sa loob ng maraming taon, at nagbayad na Siya ng napakalaking halaga sa lahat ng tao upang sa wakas ay madala tayo sa kung nasaan tayo ngayon. Iniisip Ko na upang magabayan ang bawat isa tungo sa tamang landas, dapat na magsimula ang gawaing ito kung saan pinakamahina ang lahat; sa paraang ito lang nila mapagtatagumpayan ang unang balakid at magpatuloy na sumulong. Hindi ba mas mabuti iyon? Ang bansang Tsino, na naging tiwali sa loob ng libu-libong taon, ay nakapanatili hanggang ngayon, ang lahat ng uri ng “virus” ay sumusulong nang walang tigil, kumakalat sa bawat dako gaya ng salot; ang pagtingin

lang sa mga ugnayan ng mga tao ay sapat na upang makita kung ilang “mikrobyo” ang nagkukubli sa loob ng mga tao. Sukdulang napakahirap para sa Diyos na paunlarin ang Kanyang gawain sa lugar na gayon kahigpit ang pagkakasara at nahawaan ng virus. Ang mga personalidad ng mga tao, ang mga gawi, ang paraan ng paggawa nila sa mga bagay-bagay, lahat ng ipinahahayag nila sa kanilang mga buhay at ang kanilang mga pakikipag-ugnayan sa kapwa-tao—sirang-sira ang lahat ng mga ito, hanggang sa punto na ang pantaong kaalaman at mga kultura ay lahat hinatulan na ng Diyos ng kamatayan. Bukod pa sa sari-saring mga karanasan na kanilang natutuhan mula sa kanilang mga pamilya at lipunan—ang mga ito ay nahatulan nang lahat sa paningin ng Diyos. Sapagkat yaong namumuhay sa lupaing ito ay nakakain na ng napakaraming virus. Tila pangkaraniwan lang ito para sa kanila, hindi nila ito iniisip. Samakatuwid, habang mas tiwali ang mga tao sa isang lugar, mas nagiging abnormal ang kanilang mga pakikipag-ugnayan sa kapwa-tao. Puno ng intriga ang mga ugnayan ng mga tao, nagbabalak sila laban sa isa’t isa at nagpapatayan na parang nasa isang makakanibal na kuta ng mga demonyo. Sa gayong lugar na puno ng takot, kung saan laganap ang mga multo, masyadong napakahirap na isakatuparan ang gawain ng Diyos. Nananalangin Ako nang walang patid sa Diyos kapag kailangan Kong makipagkita sa mga tao, sapagkat natatakot Akong makipagkita sa kanila, at takot na takot na masasaktan Ko ang kanilang “dignidad” sa Aking disposisyon. Sa Aking puso, lagi Akong natatakot na kikilos nang walang taros ang masasamang espiritung ito, kaya lagi Akong nananalangin sa Diyos na ingatan Ako. Lahat ng uri ng abnormal na ugnayan ay makikita sa gitna natin, at yamang nakikita ang lahat ng ito, may pagkamuhi sa Aking puso, sapagkat sa kanilang mga sarili, ang mga tao ay laging nakikisali sa “gawain” ng tao, at hindi nila kailanman iniisip ang Diyos. Kinamumuhian Ko ang kanilang mga pag-uugali nang tagos sa Aking mga buto. Ang makikita sa mga tao sa kalakhang-lupain ng Tsina ay walang iba kundi tiwaling satanikong mga disposisyon, kaya sa gawain ng Diyos sa mga taong ito, halos imposible na makakita ng anumang kapaki-pakinabang sa loob nila; ang lahat ng gawain ay ginagawa ng Banal na Espiritu, at dahil nga mas inaantig ng Banal na Espiritu ang mga tao, at gumagawa sa kanila. Halos imposibleng magamit ang mga taong iyon; ibig sabihin, ang gawain ng Banal na Espiritu na umantig ng mga tao kasama ang pakikipagtulungan ng mga tao ay hindi magagawa. Ang Banal na Espiritu ay patuloy lang na umuusad upang antigin ang mga tao, ngunit magkagayunman, nananatiling manhid at walang pakiramdam ang mga tao, at walang ideya kung ano itong ginagawa ng Diyos. Kaya, ang gawain ng Diyos sa kalakhang-lupain ng Tsina ay maihahambing sa Kanyang gawain ng paglikha sa mga langit at lupa. Sinasanhi Niyang muling maisilang ang lahat ng tao, at binabago ang lahat sa kanila, dahil walang kapaki-pakinabang sa loob ng mga ito. Masyado itong nakadudurog ng puso. Malimit Akong malungkot na nananalangin para sa mga taong ito: “Diyos, nawa ang Iyong dakilang kapangyarihan ay mahayag sa mga taong ito, upang lubos na maantig sila ng Iyong Espiritu, at upang ang mga manhid at mapupuro na mga nagdurusang ito ay maaaring magising, hindi na

muling makatulog, at makita ang araw ng Iyong kaluwalhatian.” Nawa tayong lahat ay manalangin sa harap ng Diyos at sabihin: O Diyos! Nawa ay muli Kang mahabag sa amin at pangalagaan kami upang ang aming mga puso ay lubos na makababaling sa Iyo, at nang kami ay magawang makatakas sa maruming lupaing ito, makatayo, at matapos kung ano ang ipinagkatiwala Mo sa amin. Umaasa Ako na muli nawa tayong antigin ng Diyos upang maaari nating makamit ang Kanyang kaliwanagan, at umaasa Ako na mahabag nawa Siya sa atin nang makaya ng ating mga puso na unti-unting bumaling sa Kanya at maaaring makamit Niya tayo. Ito ang pagnanais nating lahat.

Ang landas na ating nilalakaran ay lubos na itinalaga ng Diyos. Sa madaling sabi, naniniwala Ako na nakatitiyak Akong lalakad sa landas na ito hanggang sa katapusan, sapagkat ang Diyos ay laging ngumingiti sa Akin, at para bang ang Kanyang kamay ay laging gumagabay sa Akin. Sa gayon ay walang bahid ng anupaman ang Aking puso, at sa gayon ay lagi Kong iniisip ang gawain ng Diyos. Isinasakatuparan Ko ang lahat ng iniaatas sa Akin ng Diyos nang Aking buong lakas at may debosyon, at hindi Ako nakikialam kailanman sa mga gawaing hindi inilaan sa Akin, ni nakikisangkot Ako sa iba pang gumagawa nito—sapagkat naniniwala Ako na ang bawat tao ay dapat na lumakad sa kanilang sariling landas, at huwag manghihimasok sa iba. Ganito ang pagtingin Ko rito. Marahil ito ay dahil sa Aking sariling personalidad, ngunit umaasa Ako na ang Aking mga kapatirang lalaki at babae ay uunawain at patatawarin Ako dahil hindi Ako kailanman nangahas na sumalungat sa mga atas ng Aking Ama. Hindi Ako nangangahas na sumalansang sa kalooban ng Langit. Nakalimutan mo na bang “ang kalooban ng Langit ay hindi masasalansang”? Maaaring may mga taong nag-iisip na Ako ay makasarili, ngunit naniniwala Ako na partikular Akong naparito upang isakatuparan ang isang bahagi ng gawain ng pamamahala ng Diyos. Hindi Ako naparito para makisangkot sa mga pakikipag-ugnayan sa kapwa-tao; Hindi Ko matututuhan kailanman kung paano makisama nang maayos sa iba. Sa atas ng Diyos, gayunpaman, nasa Akin ang paggabay ng Diyos, at taglay Ko ang pananampalataya at katatagan na matapos ang gawaing ito. Marahil ay masyado Akong nagiging “makasarili,” ngunit umaasa Ako na ang bawat isa ay magkukusa na subukang damhin ang makatarungan at di-makasariling pag-ibig ng Diyos, at na subukang makipagtulungan sa Diyos. Huwag maghintay sa ikalawang pagdating ng pagiging maharlika ng Diyos; hindi iyan mabuti para kaninuman. Lagi Kong iniisip na ang dapat nating isaalang-alang ay ito: “Dapat nating gawin ang lahat ng posible upang magawa ang nararapat nating magawa para mabigyang-kasiyahan ang Diyos. Magkakaiba ang atas ng Diyos sa bawat isa sa atin; paano natin ito tutuparin?” Dapat mong mabatid kung ano talaga ang landas na nilalakaran mo—kinakailangan na malinaw ka tungkol dito. Yamang hiling ninyong lahat na bigyang-kasiyahan ang Diyos, bakit hindi ibigay ang sarili sa Kanya? Sa unang pagkakataon na nanalangin Ako sa Diyos, ibinigay Ko ang Aking buong puso sa Kanya. Ang mga tao sa paligid Ko—mga magulang, mga kapatid na babae, mga kapatid na lalaki, at mga kasamahan—nawaksi silang lahat sa dulong likuran ng Aking isipan dahil sa Aking

pagpapasya, para bang sila ay hindi kailanman umiral para sa Akin. Sapagkat ang Aking isipan ay laging nasa Diyos, o sa mga salita ng Diyos, o sa Kanyang karunungan; ang mga bagay na ito ay laging nasa Aking puso, at tumangan ang mga ito sa pinakamahalagang puwang sa Aking puso. Sa gayon, para sa mga taong puno ng mga pilosopiya sa buhay, Ako ay isang walang habag at walang emosyon. Nasasaktan ang kanilang mga puso sa kung paano Ko dinadala ang Aking sarili, sa kung paano Ko ginagawa ang mga bagay-bagay, sa Aking bawat galaw. Sinusulyapan nila Ako nang kakaiba, na para bang ang tao na Ako ay isang di-malulutas na palaisipan. Sa kanilang mga isipan, palihim nilang sinusukat ang tao na Ako, hindi alam kung ano ang susunod Kong gagawin. Paano Ako mahahadlangan ng anumang ginagawa nila? Marahil sila ay naiinggit, o nasusuklam, o nanunuya; gayunman, nananalangin Ako sa harap ng Diyos sa buong panahon na parang may matinding uhaw at gutom, na parang Siya lang at Ako ang nasa iisang mundo, at wala ng iba pa. Lagi Akong sinisikil ng mga puwersa ng panlabas na mundo—ngunit, gayundin, ang damdamin ng pagiging naaantig ng Diyos ay sumisilakbo rin sa loob Ko. Yamang naiipit sa mahirap na kalagayang ito, yumukod Ako sa harap ng Diyos: “O Diyos! Paanong Ako ay may pag-aatubili ukol sa Iyong kalooban? Sa Iyong mga mata Ako ay marangal, itinuturing na pinong ginto, gayunman ay hindi Ko magawang makatakas mula sa mga puwersa ng kadiliman. Magdurusa Ako para sa Iyo sa buong buhay Ko, gagawin Ko ang Iyong gawain bilang gawain ng Aking buhay, at nagsusumamo Ako sa Iyo na bigyan Ako ng isang maayos na dako ng kapahingahan upang italaga ang Aking sarili sa Iyo. O Diyos! Hinihiling Kong ihandog ang Aking sarili sa Iyo. Nalalaman Mo nang husto ang kahinaan ng tao, kaya bakit Mo itinatago ang Iyong sarili mula sa Akin?” Sa sandaling iyon, pakiramdam Ko ay para Akong liryo sa bundok, humahalo ang halimuyak nito sa simoy ng hangin, hindi nalalaman ng lahat. Ang Langit gayunman, ay tumatangis, at ang Aking puso ay umiiyak nang umiiyak; na para bang may mas matindi pang kirot sa Aking puso. Ang lahat ng puwersa at pagsalakay ng tao—ay gaya ng dagundong ng kulog sa maaliwalas na araw. Sinong makauunawa sa Aking puso? Kaya Ako ay minsan pang lumapit sa harap ng Diyos, at sinabi, “O Diyos! Wala bang paraan upang isakatuparan ang Iyong gawain sa lupaing ito ng karumihan? Bakit hindi maisaalang-alang ng iba ang Iyong puso sa isang komportable, matulunging kapaligiran na malaya sa pang-uusig? Nais Kong ibuka ang Aking mga pakpak, gayunman ay bakit napakahirap na lumipad palayo? Hindi Ka ba sumasang-ayon?” Maraming araw Ko itong tinangisan, gayunman ay lagi Akong nagtiwala na magdadala ang Diyos ng kaaliwan sa puso Kong puno ng kalungkutan. Walang nakaunawa kailanman sa Aking pagkabalisa. Marahil ito ay isang tuwirang pang-unawa mula sa Diyos—Ako ay laging nagniningas para sa Kanyang gawain, at halos wala na Akong panahon para huminga. Hanggang sa araw na ito, nananalangin pa rin Ako at nagsasabi, “O Diyos! Kung ito ay Iyong kalooban, nawa Ako ay patnubayan Mo na maisakatuparan ang higit pang malaking gawain Mo upang ito nawa ay lumaganap sa buong sansinukob, at na nawa ay magbukas ito sa bawat bansa at

denominasyon, upang ang Aking puso ay maaaring makatamo ng katiting na kapayapaan, at upang Ako ay maaaring mabuhay sa dako ng kapahingahan para sa Iyo, at na maaari Akong gumawa para sa Iyo nang walang pagkagambala, at mapaglingkuran Ka, nang payapa ang Aking puso, sa buong buhay Ko.” Ito ang pagnanais ng Aking puso. Marahil ay sasabihin ng Aking mga kapatirang lalaki at babae na Ako ay mapagmataas at palalo; Ako, gayundin, ay inaamin ito, sapagkat ito ay katunayan—ang tinataglay ng mga kabataan ay kayabangan lang. Kaya sinasabi Ko kung ano talaga ito, nang hindi sinasalungat ang mga katunayan. Sa Akin ay maaari mong makita ang lahat ng katangian ng personalidad ng isang kabataan, ngunit makikita mo rin kung saan Ako naiiba sa ibang kabataan: sa Aking pagkamahinahon at katahimikan. Hindi Ako gumagawa ng isang paksa mula rito; naniniwala Ako na mas kilala Ako ng Diyos kaysa sa pagkakilala Ko sa Aking sarili. Ang mga ito ay mga salita mula sa Aking puso, at umaasa Ako na ang Aking mga kapatirang lalaki at babae ay hindi maghihinakit. Nawa ay masabi natin ang mga salita sa ating mga puso, tingnan kung ano ang hinahangad ng bawat isa sa atin, paghambingin ang ating mga puso ng pag-ibig para sa Diyos, makinig sa mga salitang ibinubulong natin sa Diyos, umawit ng pinakamagagandang awitin sa ating mga puso, at ipahayag ang karangalan sa ating mga puso, upang maging mas maganda ang ating mga buhay. Kalimutan ang nakaraan at tumingin sa kinabukasan. Magbubukas ang Diyos ng isang landas para sa atin!

Ang Landas ... 7

Sa ating praktikal na mga karanasan, nakikita natin na maraming beses nang personal na nagbukas ang Diyos ng landas para sa atin, upang ang daang tinatapakan natin ay maaaring maging mas matatag, at mas totoo. Dahil ito ang daang binuksan na ng Diyos para sa atin mula pa noong unang panahon, at na siyang naipamana sa ating henerasyon matapos ang sampu-sampung libong taon. Kaya tinahak na natin ang landas ng mga nauna sa atin, na hindi ito tinahak hanggang sa dulo. Pinili tayo ng Diyos na tahakin ang huling yugto nito. At kaya, ang landas na ito ay espesyal na inihanda ng Diyos para sa atin, at maging tayo ay pinagpala o pinahihirapan ng kasawian, wala nang iba pang makalalakad sa landas na ito. Hayaang idagdag Ko ang Aking sariling kabatiran dito: Huwag isipin na subukang tumakas sa ibang lugar, o na subukang maghanap ng ibang landas, at huwag magnasa ng katayuan, o subukang magtayo ng sarili mong kaharian—lahat ng ito ay mga pantasya. Maaaring mayroon kang dati nang nabuong mga ideya tungkol sa Aking mga salita, kung gayon iminumungkahi Ko na huwag nang maging masyadong nalilito. Mas makabubuting pag-isipan mo nang higit ito; huwag subukang maging tuso, at huwag kalituhan ang mabuti at masama. Pagsisisihan mo ito sa sandaling maisakatuparan na ang plano ng Diyos. Ang ibig Kong sabihin, kapag dumating na ang kaharian ng Diyos, lahat ng mga bansa sa buong mundo ay

pagdudurug-durugin. Sa sandaling iyon ay makikita mo na ang sarili mong mga plano ay nawasak na rin, at na yaong nakastigo ay dudurugin, at dito, lubos na ipakikita ng Diyos ang Kanyang disposisyon. Sa palagay Ko ay dahil napakalinaw ng mga bagay na ito sa Akin, dapat Kong sabihin ang mga ito sa iyo, para hindi mo Ako sisihin balang araw. Na nakayanan nating lakarin ang landas na ito hanggang ngayon ay inorden ng Diyos, kaya huwag mong isipin na espesyal ka, ni malas ka—walang sinuman ang maaaring gumawa ng mga panggigiit hinggil sa kasalukuyang gawain ng Diyos at baka pagdurug-durugin ka. Naliwanagan Ako sa pamamagitan ng gawain ng Diyos: Anuman ang mangyari, gagawing ganap ng Diyos ang pangkat na ito ng mga tao, hindi na muling babaguhin ang Kanyang gawain, at dadalhin Niya ang pangkat na ito ng mga tao sa dulo ng daan, at tatapusin ang Kanyang gawain sa lupa. Dapat maunawaan nating lahat ito. Ibig ng karamihan sa mga tao na “tumingin sa hinaharap,” at walang katapusan ang pagnanasa nila. Hindi nauunawaan ng sinuman sa kanila ang apurahang kalooban ng Diyos ngayon, kaya’t iniisip nilang lahat na tumakas. Para silang nakawalang mga kabayo na gusto lang magpagala-gala sa ilang; kakaunti ang nagnanais na manirahan sa magandang lupain ng Canaan upang hanapin ang paraan ng pamumuhay ng tao. Nang nakapasok na sa lupain na nananagana sa gatas at pulot, kung hindi nasisiyahan dito ang mga tao, ano pa ang gusto nila? Sa totoo lang, ang naroon sa labas ng hangganan ng magandang lupain ng Canaan ay tanging ilang. Kahit noong nakapasok na ang mga tao sa lugar ng kapahingahan, hindi nila napanindigan ang kanilang tungkulin; hindi ba’t talagang mga patutot sila? Kung mawala sa iyo ang pagkakataon na magawa kang perpekto ng Diyos dito, pagsisisihan mo ito sa mga nalalabing araw mo, walang hanggan ang magiging pagsisisi mo. Magiging katulad ka ni Moises, na pinagmasdan ang lupain ng Canaan nguni’t hindi magawang matamasa ito, nakatikom ang kanyang mga kamao, puno ng pagsisisi ang kanyang kamatayan—hindi mo ba naiisip na kahiya-hiya ito? Hindi mo ba naiisip na nakahihiya, na kutyain ng ibang tao? Handa ka bang hiyain ng ibang tao? Hindi mo ba hangad na mapabuti ang iyong sarili? Hindi mo ba nais na maging marangal at kagalang-galang na ginawang perpekto ng Diyos? Talaga bang wala kang hinahangad na anuman? Ayaw mong tahakin ang iba pang mga landas; ayaw mo rin bang tahakin ang landas na inorden na ng Diyos para sa iyo? Mangangahas ka bang kalabanin ang kalooban ng Langit? Gaano man kahusay ang iyong “kakayahan,” talaga bang kaya mong labagin ang Langit? Naniniwala Ako na makabubuti sa atin na subukang kilalanin nang maayos ang ating mga sarili. Ang isang salita mula sa Diyos ay makapagpapabago sa langit at lupa, kaya’t ano na lang ang isang payat at maliit na tao sa mga mata ng Diyos?

Sa Aking sariling mga karanasan, nakita Ko na kapag lalo mong kinakalaban ang Diyos, mas lalong ipakikita ng Diyos ang Kanyang maharlikang disposisyon, at mas lalong matindi ang pagkastigong “ibibigay” Niya sa iyo; kapag lalo mo Siyang sinusunod, mas lalo ka Niyang iibigin at poprotektahan. Ang disposisyon ng Diyos ay tulad ng isang kasangkapan sa pagpaparusa: Kung susunod ka, magiging ligtas at maayos ka; kapag

hindi ka sumunod—kapag lagi mong tinatangang magpakitang-gilas, at palaging nanlilinlang—agad na nagbabago ang disposisyon ng Diyos. Tulad Siya ng araw sa maulap na araw, magtatago Siya mula sa iyo at ipakikita sa iyo ang Kanyang poot. Kaya, gayundin, ang Kanyang disposisyon ay tulad ng klima sa buwan ng Hunyo, kung kailan maaliwalas ang kalangitan sa milya-milyang layo at ang mga alon ay mumunti lang sa ibabaw ng karagatan, hanggang sa biglang bumilis ang agos, at ang tubig ay naging isang dumadaluyong na malaking alon. Mangangahas ka bang maging walang-ingat sa harap ng gayong disposisyon ng Diyos? Sa inyong mga karanasan, mga kapatid na lalaki at babae, nakita na ng karamihan sa inyo na kapag ang Banal na Espiritu ay kumikilos sa liwanag ng araw, puno kayo ng pananampalataya—subali’t gayunman, nang hindi inaasahan, bigla kang tinalikdan ng Espiritu ng Diyos, at labis kang pinahihirapan na hindi ka makatulog sa gabi, hinahanap kung saang direksyon naglaho ang Kanyang Espiritu. Anuman ang gawin mo, hindi mo mahanap kung saan nagtungo ang Kanyang Espiritu—subalit gayunman, nang hindi inaasahan, muli Siyang nagpapakita sa iyo, at tuwang-tuwa ka na gaya ni Pedro nang bigla niyang nakitang muli ang kanyang Panginoong Jesus, tuwang-tuwa na halos mapahagulhol. Talaga bang nakalimutan mo na ito, matapos itong maranasan nang napakaraming beses? Ang Panginoong Jesucristo, na nagkatawang-tao, na ipinako sa krus, at pagkatapos ay nabuhay na mag-uli at umakyat sa langit, ay laging nakatago sa iyo sa sandaling panahon, at pagkatapos ay magpapakita sa iyo sa sandaling panahon. Ipinahahayag Niya ang Kanyang sarili sa iyo dahil sa iyong pagiging matuwid, at Siya ay nagagalit at nililisan ka dahil sa iyong mga kasalanan, kaya bakit hindi ka mas nananalangin sa Kanya? Hindi mo ba alam na pagkatapos ng Pentecostes, may isa pang atas ang Panginoong Jesucristo sa lupa? Ang tanging alam mo ay ang katotohanan na nagkatawang-tao ang Panginoong Jesucristo, naparito sa lupa, at ipinako sa krus. Hindi mo kailanman napagtanto na ang Jesus na sinampalatayanan mo noon ay matagal nang ipinagkatiwala ang Kanyang gawain sa iba, at na matagal na itong natapos, kaya muling naparito sa mundo ang Espiritu ng Panginoong Jesucristo sa anyong katawang-tao para gawin ang isa pang bahagi ng Kanyang gawain. May nais Akong isingit dito—sa kabila ng katotohanang kayo ay kasalukuyang nasa agos na ito, hayagan Kong sinasabi na iilan sa inyo ang naniniwala na ang taong ito ang Isa na ipinagkaloob sa inyo ng Panginoong Jesucristo. Alam lang ninyo na tamasahin Siya; hindi ninyo kinikilala na muling naparito sa mundo ang Espiritu ng Diyos, at hindi ninyo kinikilala na ang Diyos sa kasalukayan ay ang Jesucristo ng nakaraang libu-libong taon. At kaya sasabihin Ko na lahat kayo ay naglalakad nang nakapikit—tinatanggap lang ninyo kung saan man kayo humantong—at talagang hindi kayo seryoso tungkol dito. Kaya naniniwala kayo kay Jesus sa salita, nguni’t nangangahas na hayagang labanan ang Isa na pinatotohanan ng Diyos ngayon. Hindi ka ba hangal? Walang pakialam ang Diyos sa kasalukuyan sa iyong mga pagkakamali, hindi ka Niya kinokondena. Sinasabi mo na naniniwala ka kay Jesus, kung gayon papalampasin ka ba ng iyong Panginoong Jesucristo? Iniisip mo ba na ang

Diyos ay parang isang lugar para sa iyo na mapaglalabasan ng matinding emosyon, mapagsisinungalingan at malililang? Kapag muling inihahayag ng iyong Panginoong Jesucristo ang Kanyang sarili, pagpapasyahan Niya kung ikaw ay matuwid o kung ikaw ay masama batay sa inaasal mo ngayon. Karamihan sa mga tao ay nagkakaroon ng mga kuru-kuro tungkol sa tinutukoy Ko na “Aking mga kapatid na lalaki at babae,” at naniniwala na ang mga paraan ng paggawa ng Diyos ay magbabago. Hindi ba naghahangad ng kamatayan ang gayong mga tao? Papatotohanan ba ng Diyos si Satanas bilang Diyos Mismo? Sa ganito, hindi mo ba kinokondena ang Diyos? Naniniwala ka ba na kahit sino ay kayang maging Diyos Mismo? Kung talagang alam mo, hindi ka magkakaroon ng anumang mga kuru-kuro. Nasa Bibliya ang sumusunod na talata: Lahat ng bagay ay para sa Kanya at lahat ng bagay ay mula sa Kanya. Dadalhin Niya sa kaluwalhatian ang maraming anak na lalaki at Siya ang ating Kapitan.... Kaya hindi Siya nahihiyang tawagin tayong mga kapatid na lalaki. Maaaring madali mong mabigkas ang mga salitang ito nang saulado, nguni’t hindi mo nauunawaan ang talagang kahulugan ng mga ito. Hindi ka ba naniniwala sa Diyos nang nakapikit?

Naniniwala Ako na pinagpala ang ating henerasyon upang makayanang tahakin ang daan na hindi natapos ng naunang mga henerasyon, at upang makita ang muling pagpapakita ng Diyos ng nakalipas na libu-libong taon—isang Diyos na kasama natin, at nananagana sa lahat ng bagay. Hindi mo man lang sana maiisip na tatahakin mo ang landas na ito—hindi ba ito ay isang bagay na magagawa mo? Ang landas na ito ay tuwirang pinangungunahan ng Banal na Espiritu, pinangungunahan ito ng makapitong beses na pinalakas na Espiritu ng Panginoong Jesucristo, at ito ang landas na binuksan na para sa iyo ng Diyos sa kasalukuyan. Maging sa iyong hinagap, hindi mo maiisip na ang Jesus ng nakalipas na ilang libong taon ay muling magpapakita sa harapan mo. Hindi ka ba magpapasalamat? Sino ang makalalapit nang harap-harapan sa Diyos? Madalas Akong nananalangin para sa ating pangkat na makatanggap ng higit pang dakilang mga pagpapala mula sa Diyos, na kalugdan tayo ng Diyos at makamit Niya, nguni’t mayroon ding di-mabilang na pagkakataon na tumangis Ako para sa atin, hinihiling na bigyang-liwanag tayo ng Diyos, nang sa gayon ay maaaring makita natin ang mas dakilang mga paghahayag. Kapag nakikita Ko ang mga tao na patuloy na nagtatangkang linlangin ang Diyos at hindi naghahangad ng anuman, o kaya naman ay isinasaisip ang laman, o nagsusumikap para sa mga interes at reputasyon upang itampok ang kanilang mga sarili, paanong hindi Ako makadarama ng matinding kirot sa Aking puso? Paanong naging napakamanhid ng mga tao? Talaga bang walang naging epekto ang gawain Ko? Kung suwail at di-mapagmahal tungo sa iyo ang mga anak mo, kung wala silang konsensiya, kung sarili lang nila ang iniisip nila at hindi kailanman isinasaalang-alang ang nararamdaman mo, at kung pinalayas ka nila sa bahay nang magsilakihan na sila, ano ang madarama mo sa puntong iyon? Wala bang luhang aagos sa mukha mo habang naaalala mo ang dugo, pawis, at sakripisyong inilagak mo sa pagpapalaki sa kanila? Kaya nanalangin na Ako nang di-mabilang na beses sa Diyos at

sinabing, “Mahal na Diyos! Ikaw lang ang nakaaalam kung dinadala Ko ang isang pasanin para sa Iyong gawain. Kung ang mga ginagawa Ko ay hindi ayon sa Iyong kalooban, disiplinahin Mo Ako, gawin Akong perpekto, at ipaalam sa Akin. Ang tanging hiling Ko sa Iyo ay mas antigin Mo pa ang mga taong ito, upang Ikaw ay maaaring magtamo ng kaluwalhatian sa lalong madaling panahon at sila ay makamit Mo, upang matamo ng Iyong gawain ang Iyong kalooban, at mas maagang matapos ang Iyong plano.” Hindi nais ng Diyos na lupigin ang mga tao sa pamamagitan ng pagkastigo, hindi Niya nais pamunuan ang mga tao nang may pamimilit. Nais Niya na sumunod ang mga tao sa Kanyang mga salita at gumawa na may disiplina, at sa pamamagitan nito, masunod ang Kanyang kalooban. Ngunit walang kahihiyan ang mga tao at patuloy na naghihimagsik laban sa Kanya. Naniniwala ako na pinakamabuti sa atin na hanapin ang pinakasimpleng paraan upang bigyan Siya ng kasiyahan, iyon ay ang sundin ang lahat ng Kanyang pagsasaayos. Kung talagang magagawa mo ito, ikaw ay gagawing perpekto. Hindi ba’t madali, at masayang bagay ito? Tahakin ang daan na dapat mong tahakin; huwag pansinin ang sinasabi ng iba, at huwag masyadong mag-isip. Nasa mga kamay mo ba ang iyong kinabukasan at kapalaran? Palagi kang nagtatangkang tumakas, na naghahangad na tahakin ang makamundong daan—ngunit bakit hindi ka makatakas? Bakit nag-aalinlangan ka sa sangang-daan sa loob ng maraming taon at pagkatapos humahantong din sa pagpili muli sa daang ito? Matapos magpagala-gala nang maraming taon, bakit bumalik ka ngayon sa bahay na ito kahit ayaw mo? Ikaw ba ang nagpasya nito? Para sa inyo na nasa daloy na ito, kung hindi ninyo Ako pinaniniwalaan, pakinggan ito: Kung balak mong umalis, subukan mo kung papayagan ka ng Diyos, tingnan mo kung paano ka aantigin ng Banal na Espiritu—danasin mo ito para sa iyong sarili. Hayagan kong sasabihin, kahit magdanas ka ng kasawiang-palad, kailangan mong matiis ito sa daloy na ito, at kung may pagdurusa, dapat kang magdusa rito, ngayon; hindi ka makakapunta sa ibang lugar. Malinaw ba ito sa iyo? Saan ka pupunta? Ito ang atas administratibo ng Diyos. Iniisip mo ba na ang pagpili ng Diyos sa grupong ito ng mga tao ay walang kahulugan? Sa Kanyang gawain ngayon, ang Diyos ay hindi kaagad nagagalit—ngunit kapag tinatangka ng mga tao na sirain ang Kanyang plano, kaagad nagbabago ang Kanyang mukha, ang dating maaliwalas ay nagiging madilim. Kaya, pinapayuhan kita na magpakumbaba at sumunod sa mga plano ng Diyos, at tulutan Siya na gawin kang ganap. Tanging ang gumagawa nito ay matatalino.

Ang Landas ... 8

Hindi lang isa o dalawang araw ang nakalilipas mula nang pumarito sa lupa ang Diyos upang makihalubilo sa sangkatauhan at mamuhay kasama ng mga tao. Marahil, sa panahong ito, ay lubusan nang nakikilala ng mga tao ang Diyos, at marahil ay nakamit na nila ang maraming kabatiran hinggil sa paglilingkod sa Diyos, at naging bihasa na sa

kanilang paniniwala sa Diyos. Anuman ang kalagayan, sa paanuman ay nauunawaan na ng mga tao ang disposisyon ng Diyos, at ipinahahayag din nila ang kanilang sariling mga disposisyon sa di-mabilang na paraan. Sa tingin Ko rito, ang sari-saring paghahayag ng mga tao ay sapat para magamit ng Diyos bilang mga halimbawa, at ang kanilang mga gawaing pangkaisipan ay sapat para gamitin Niya bilang sanggunian. Maaaring ito ay isang aspeto ng pagtutulungan sa pagitan ng tao at ng Diyos, kung saan ay walang kamalayan ang tao, kaya't ang pagganap na ito sa direksyon ng Diyos ay malinaw at buhay na buhay. Sinasabi Ko ang mga bagay na ito sa Aking mga kapatirang lalaki at babae bilang pangkalahatang direktor ng dramang ito—makapagsasalita ang bawat isa sa atin sa ating mga iniisip at nararamdaman pagkatapos gampanan ito, at pag-usapan ang tungkol sa kung paano dinaranas ng bawat isa sa atin ang ating mga buhay sa loob ng dramang ito. Maaari rin tayong magkaroon ng isang lubos na bagong uri ng talakayan upang buksan ang ating mga puso at magsalita tungkol sa ating sining ng pagganap, at tingnan kung paano ginagabayan ng Diyos ang bawat indibidwal upang sa susunod na pagganap ay kaya nating ihayag ang isang mas mataas na antas ng ating sining at bawat isa ay magampanan ang ating sariling papel sa abot ng makakaya, at hindi mabigo ang Diyos. Umaasa Ako na ang Aking mga kapatirang lalaki at babae ay seseryosohin ito. Walang dapat na bumalewala rito, sapagkat ang pagganap nang mabuti sa isang papel ay hindi isang bagay na makakamit sa loob ng isa o dalawang araw; kinakailangan nito na maranasan natin ang buhay at mas lumalim sa ating mga tunay na buhay sa matagal na panahon, at magkaroon ng praktikal na karanasan sa sari-saring uri ng pamumuhay. Doon lang tayo makaaakyat sa entablado. Puno Ako ng pag-asa para sa Aking mga kapatirang lalaki at babae. Naniniwala Ako na hindi kayo panghihinaan ng loob o mawawalan ng pag-asa, na anuman ang ginagawa ng Diyos, kayo ay magiging tulad ng isang palayok ng apoy: hindi kailanman malahininga, at nagpapatuloy hanggang sa katapusan, hanggang sa ang gawain ng Diyos ay lubos nang mabunyang, hanggang ang drama sa patnugot ng Diyos ay dumating sa pangwakas na konklusyon nito. Wala na Akong iba pang hinihiling sa inyo, umaasa lang Ako na magtitiis kayo, na hindi kayo magiging mainipin para sa mga resulta, na makikipagtulungan kayo sa Akin upang ang gawain na dapat Kong gawin ay magawa nang maayos, at na walang sinumang magdudulot ng mga pag-antala o mga kaguluhan. Kapag ang bahaging ito ng gawain ay natapos na, ibubunyang ng Diyos ang lahat sa inyo. Matapos makumpleto ang Aking gawain, ihaharap Ko ang inyong karangalan sa harap ng Diyos upang magbigay-sulit sa Kanya. Hindi ba mas mabuti iyon? Nagtutulungan upang makamit ang ating sariling mga layunin—hindi ba ito ay isang perpektong solusyon para sa lahat? Ngayon ay isang mahirap na panahon, isang panahon na kakailanganin ninyong magbayad ng halaga. Sapagkat Ako ang direktor ngayon, umaasa Ako na wala sa inyong nayamot dahil dito. Ito ang gawain na Aking ginagawa. Marahil, isang araw, ay lilipat Ako sa isang mas akmang “sangay sa trabaho” at hindi Ko na pinahihirap ang mga bagay-bagay para sa inyo. Ipakikita Ko sa inyo ang anumang nais ninyong makita at ipagkakaloob sa inyo

ang anumang nais ninyong marinig. Subalit hindi ngayon. Ang gawain ngayon ay ang gawaing ito, at hindi Ko kayo mabibigyang-kalayaan at hayaan kayong gawin ang anumang nais ninyo. Gagawin nitong mahirap ang Aking gawain; sa totoo lang, hindi ito magbubunga ng anuman, at hindi ito magiging kapaki-pakinabang sa inyo. Kaya ngayon, kailangan ninyong dumanas ng “kawalan ng katarungan.” Kapag dumating ang araw, at natapos na ang yugtong ito ng Aking gawain, magiging malaya na Ako, hindi na Ako magdadala ng gayong kabigat na pasanin, at sasang-ayon Ako sa anumang hingin ninyo mula sa Akin; hangga’t kapaki-pakinabang ito para sa inyong mga buhay, tutuparin Ko ang inyong kahilingan. Ngayon, naisabalikat Ko na ang isang mabigat na pananagutan. Hindi Ko maaaring salungatin ang mga utos ng Diyos Ama, at hindi Ko maaaring sirain ang mga plano para sa Aking gawain. Hindi Ko maaaring pamahalaan ang Aking pansariling mga gawain sa pamamagitan ng Aking pantungkuling mga gawain—at umaasa Ako na mauunawaan at mapatatawad ninyo Akong lahat, sapagkat ang lahat ng Aking ginagawa ay ayon sa mga kahilingan ng Diyos Ama; ginagawa Ko ang anumang ipinagagawa Niya sa Akin, anuman ang nais Niya, at hindi Ko pupukawin ang Kanyang galit o Kanyang poot. Ginagawa Ko lang ang dapat Kong gawin. Kaya, sa ngalan ng Diyos Ama, ipinapayo Ko sa inyo na magtiis nang kaunti pang panahon. Walang kailangang mag-alala. Pagkaraang matapos Ko ang kailangan Kong gawin, magagawa ninyo ang anumang nais ninyo at makikita ang anumang gusto ninyo—ngunit kailangan Kong tapusin ang gawaing kailangan Kong gawin.

Sa yugtong ito ng gawain ay hinihingi sa atin ang lubusang pananampalataya at pag-ibig. Maaari tayong matisod mula sa pinakamaliit na kapabayaan, dahil ang yugtong ito ng gawain ay iba mula sa lahat ng mga nakaraan: Ang pineperpekto ng Diyos ay ang pananampalataya ng sangkatauhan, na kapwa di-nakikita at di-nahahawakan. Ang ginagawa ng Diyos ay na maging pananampalataya, pag-ibig, at buhay ang mga salita. Dapat makarating ang mga tao sa isang punto kung saan sila ay nakapagtiis na ng daan-daang pagpipino at nagtataglay ng pananampalatayang mas dakila kaysa sa pananampalataya ni Job. Dapat silang magtiis ng di-kapani-paniwalang pagdurusa at ng lahat ng uri ng pagpapahirap nang hindi humihiwalay sa Diyos magpakailanman. Kapag sila ay masunurin hanggang sa kamatayan, at may dakilang pananampalataya sa Diyos, sa gayon ang yugtong ito ng gawain ng Diyos ay kumpleto na. Ito ang gawaing isinabalikat Ko, kaya umaasa Ako na magagawang maunawaan ng Aking mga kapatirang lalaki at babae ang Aking mga suliranin, at walang hinging anupaman sa Akin. Ito ang hinihingi ng Diyos Ama sa Akin, at hindi Ako makatatakas mula sa realidad na ito; dapat Kong gawin ang gawaing nararapat Kong gawin. Umaasa lang Ako na hindi kayo gumagamit ng sapilitang mga argumento at baluktot na pangangatwiran, na kayo ay mas may kabatiran, at hindi tumitingin sa mga bagay nang masyadong payak. Ang inyong pag-iisip ay masyadong parang bata, masyadong walang muwang. Ang gawain ng Diyos ay hindi kasing-simple ng maaaring maisip ninyo, hindi Niya basta ginagawa ang anumang nais Niyang gawin; kung hindi, masisira ang Kanyang plano. Hindi ba

ninyo sasabihin ang ganoon? Ginagawa Ko ang gawain ng Diyos. Hindi Ako basta gumagawa lang ng kakatwang gawain para sa mga tao, na ginagawa kung ano ang maisipan Kong gawin at personal na nagsasaayos kung gagawin Ko o hindi ang isang bagay. Hindi ganoon kasimple ang mga bagay sa ngayon. Isinugo Ako ng Ama upang gumanap na direktor—sa palagay ba ninyo ay Ako Mismo ang nagsaayos at pumili nito? Ang mga ideya ng tao ay madalas na nakakiling sa paggambala sa gawain ng Diyos, kung kaya, matapos Akong gumawa sa loob ng isang yugto ng panahon, maraming kahilingan mula sa mga tao na hindi Ko nagawang tuparin, at binabago ng mga tao ang kanilang isipan tungkol sa Akin. Dapat kayong maging malinaw tungkol sa mga ideya ninyong ito; hindi Ko babanggiting isa-isa ang mga ito, ang magagawa Ko lang ay ipaliwanag ang gawaing ginagawa Ko. Ang Aking mga damdamin ay hindi nito nasasaktan kahit kaunti. Sa sandaling naunawaan na ninyo iyon, maaari ninyo itong tingnan sa paano mang paraang nais ninyo. Hindi Ako tututol, dahil ganito gumawa ang Diyos; hindi Ako obligadong ipaliwanag ang lahat ng ito. Naparito lang Ako upang isagawa ang gawain ng mga salita, upang gumawa at hayaang magampanan ang dramang ito sa pamamatnugot ng mga salita. Hindi Ko na kailangang magsalita ng anupaman, at wala rin Akong magagawang iba pa. Naipaliwanag Ko na ang lahat ng dapat Kong sabihin, wala Akong pakialam kung ano ang iniisip ninyo, at hindi ito mahalaga sa Akin. Nguni't nais Ko pa ring paalalahanan kayo na ang gawain ng Diyos ay hindi kasingsimple ng iniisip ninyo rito. Habang mas hindi ito nakaayon sa mga kuru-kuro ng mga tao, mas malalim ang kahalagahan nito; at habang mas nakaayon ito sa mga kuru-kuro ng mga tao, mas hindi ito gaanong mahalaga, mas lalo itong walang tunay na kahalagahan. Isaalang-alang ang mga salitang ito nang maingat—ito lang ang sasabihin Ko tungkol diyan. Kayo mismo sa inyong mga sarili ay makapagsusuri sa natitira nang mag-isa. Hindi Ko ipaliliwanag ito.

Iniisip ng mga tao na ang Diyos ay gumagawa ng mga bagay-bagay sa isang tiyak na paraan, nguni't sa nakaraang taong ito o higit pa, ang nakita na ba natin at naranasan sa gawain ng Diyos ay naaayon sa mga kuru-kuro ng tao? Mula sa paglikha ng mundo hanggang sa ngayon, wala ni isa mang tao ang nagawang maintindihan ang mga yugto o mga panuntunan ng gawain ng Diyos. Kung nakaya nila, bakit hindi nauunawaan ng relihiyosong mga pinunong iyon kung paano gumagawa ang Diyos ngayon? Bakit napakakaunti ng mga taong nakauunawa sa realidad ng kasalukuyan? Mula rito ay makikita natin na walang nakauunawa sa gawain ng Diyos. Dapat lang gumawa ang mga tao ayon sa paggabay ng Kanyang Espiritu; hindi sila dapat basta mahigpit na maglapat ng mga tuntunin sa Kanyang gawain. Kung iyong kukunin ang larawan at ang gawain ni Jesus at ihahambing ito sa kasalukuyang gawain ng Diyos, ito ay gaya lang ng mga Hudyo na sinusubukang itugma si Jesus kay Jehova. Hindi ba kayo nawawalan sa paggawa nito? Kahit si Jesus ay hindi nakaalam kung ano ang magiging gawain ng Diyos sa mga huling araw; ang tanging nalaman Niya ay na ang kailangan Niyang tapusin ay ang gawain ng pagiging napako sa krus. Kaya paano malalaman ng iba?

Paano nila malalaman kung anong gawain ang gagawin ng Diyos sa hinaharap? Paano ipaaalam ng Diyos ang Kanyang plano sa mga tao, na sinapian na ni Satanas? Hindi ba kahangalan iyon? Hinihingi ng Diyos na malaman at maunawaan mo ang Kanyang kalooban. Hindi Niya hinihingi na isaalang-alang mo ang Kanyang panghinaharap na gawain. Ang kailangan lang nating alalahanin ay ang pananampalataya sa Diyos, kumilos ayon sa Kanyang paggabay, maging praktikal sa pangangasiwa ng tunay na mga paghihirap, at huwag gawing mahirap ang mga bagay-bagay para sa Diyos o magdulot ng kaguluhan sa Kanya. Dapat nating gawin ang dapat nating gawin; hangga't makapananatili tayo sa loob ng kasalukuyang gawain ng Diyos, sa gayon ay sapat na iyon! Iyon ang landas kung saan kayo ay ginagabayan Ko. Kung nakatuon lang tayo sa pagpapatuloy pasulong, hindi pakikitunguhan nang di-maganda ng Diyos ang isa man sa atin. Sa huling taong ito ng inyong di-pangkaraniwang mga karanasan, nagkamit na kayo ng maraming dakilang bagay; naniniwala Ako na hindi ninyo ito masyadong didibdin. Ang landas kung saan Ko kayo pinangungunahan ay ang Aking gawain at ang Aking misyon, at ito ay matagal nang itinalaga ng Diyos, na anupa't tayo ay patiuna nang itinadhana na makarating sa ganito kalayo, hanggang sa ngayon. Na nakaya nating gawin ito ay ating malaking pagpapala, at kahit na hindi naging madali ang daang ito, ang ating pagkakaibigan ay walang hanggan, at ito ay magpapasalin-salin sa mga kapanahunan. Maging kasiyahan at tawanan o kalungkutan at mga luha man, hayaang maging magagandang alaala ang lahat ng ito! Marahil ay batid ninyong nabibilang ang mga araw ng Aking gawain. Marami Akong proyektong gawain, at hindi Ko kayo masasamahan nang madalas. Umaasa Ako na mauunawaan ninyo Ako—dahil ang ating orihinal na pagkakaibigan ay hindi pa rin nagbago. Marahil isang araw Ako ay muling magpapakita sa harap ninyo, at umaasa Ako na hindi ninyo gagawing mahirap ang mga bagay-bagay para sa Akin. Matapos ang lahat, Ako ay naiiba sa inyo. Naglalakbay Ako sa lahat ng dako para sa Aking gawain, at hindi Ko ginugugol ang Aking buhay sa panunuluyan lang sa mga hotel nang walang ginagawa. Ano man ang kalagayan ninyo, ginagawa Ko lang ang dapat Kong gawin. Umaasa Ako na ang mga bagay na pinagsaluhan natin sa nakaraan ay maging bulaklak nawa ng ating pagkakaibigan.

Masasabi na Ako ang nagbukas ng landas na ito, at mapait man o matamis, napangunahan Ko ang daan. Na nakaya natin hanggang sa kasalukuyan ay sanhi lahat ng biyaya ng Diyos. Maaaring may ilang nagpapasalamat sa Akin, at maaaring may ilang dumaraing tungkol sa Akin—ngunit wala sa mga iyon ang mahalaga. Ang nais Ko lang makita ay na natamo kung ano ang dapat na matamo sa pangkat na ito ng mga tao. Ito ay isang bagay na nararapat na ipagdiwang. Kaya, hindi Ako naghihinakit sa mga dumaraing laban sa Akin; ang tanging nais Ko ay matapos ang Aking gawain sa pinakamabilis na paraang posible upang ang puso ng Diyos ay makapamahinga sa lalong madaling panahon. Sa sandaling iyon, wala na Akong dadalhing anumang mabigat na pasanin, at mawawala na ang mga pag-aalala sa puso ng Diyos. Handa ba kayong pagbutihin ang inyong pakikipagtulungan? Hindi ba mas mabuti na maglayong

gawin nang maayos ang gawain ng Diyos? Sa panahong ito, marapat na sabihing tayo ay sumailalim na sa di-mabilang na mga paghihirap at dumanas na ng lahat ng uri ng kagalakan at kalungkutan. Sa pangkalahatan, ang pagganap ng bawa't isa sa inyo ay naging pasado kahit papaano. Marahil, sa hinaharap, ay mayroong mas mainam na gawaing kakailanganin sa inyo, subali't huwag masyadong mag-isip tungkol sa Akin; basta gawin ang dapat ninyong gawin. Ang kailangan Kong gawin ay halos matatapos na; umaasa Ako na kayo ay magiging tapat sa lahat ng pagkakataon, at na kayo ay hindi mangungulila kaugnay sa Aking gawain. Dapat ninyong malaman na naparito lang Ako upang tapusin ang isang yugto ng gawain, at tiyak na hindi para gawin ang buong gawain ng Diyos. Dapat na maging malinaw sa inyo ito, at huwag magkaroon ng iba pang mga ideya tungkol dito. Ang gawain ng Diyos ay nangangailangan ng mas marami pang pamamaraan upang matapos; hindi kayo maaaring laging umasa sa Akin. Marahil ay napagtanto na ninyo na naparito lang Ako upang gawin ang isang bahagi ng gawain, isang hindi kumakatawan kay Jehova o kay Jesus; nahahati ang gawain ng Diyos sa maraming yugto, kaya hindi kayo dapat maging masyadong matigas. Habang Ako ay gumagawa dapat kayong makinig sa Akin. Sa bawat isang kapanahunan, nagbabago ang gawain ng Diyos; lahat ng ito ay hindi tinabas mula sa iisang molde, at hindi ito ang parehong lumang awitin sa bawat pagkakataon. At naaangkop sa kapanahunan ang Kanyang gawain sa bawat yugto, at nagbabago dahil hindi pareho ang kapanahunan. At kaya naman, yamang ikaw ay naipanganak sa kapanahunang ito, dapat kang kumain at uminom ng mga salita ng Diyos, at basahin ang mga salitang ito. Maaaring dumating ang araw kung kailan ang Aking gawain ay magbabago, kung saan kayo ay dapat na magpatuloy gaya ng nararapat ninyong gawin; hindi maaaring maging mali ang gawain ng Diyos. Huwag bigyang-pansin kung paano man nagbabago ang mundo sa labas; hindi maaaring magkamali ang Diyos, at hindi maaaring magkamali ang Kanyang gawain. Kaya lang kung minsan ay lumilipas ang lumang gawain ng Diyos at nagsisimula ang Kanyang bagong gawain. Hindi nangangahulugan iyon, gayunpaman, na dahil ang bagong gawain ay sumapit na, ang lumang gawain ay mali. Iyon ay isang kamalian! Ang gawain ng Diyos ay hindi masasabing tama o mali, masasabi lang na ito ay mas nauuna o mas nahuhuli. Ito ang gabay para sa paniniwala ng mga tao sa Diyos at hindi ito dapat na ipagwalang-bahala.

Ang Pananaw na Dapat Panghawakan ng mga Mananampalataya

Ano na ang nakamit ng tao mula nang una siyang maniwala sa Diyos? Ano na ang nalalaman mo tungkol sa Diyos? Gaano na kalaki ang ipinagbago mo dahil sa paniniwala mo sa Diyos? Ngayon, alam na ninyong lahat na ang paniniwala ng tao sa Diyos ay hindi lamang para sa kaligtasan ng kaluluwa at kapakanan ng laman, ni hindi ito upang

pagyamanin ang kanyang buhay sa pamamagitan ng pagmamahal sa Diyos, at iba pa. Sa ngayon, kung mahal mo ang Diyos alang-alang sa kapakanan ng laman o panandaliang kasiyahan, kahit sa bandang huli ay umabot sa sukdulan ang pagmamahal mo sa Diyos at wala ka nang hinihiling pa, hindi pa rin puro ang pagmamahal na ito na hinahangad mo at hindi kalugud-lugod sa Diyos. Ang mga gumagamit ng pagmamahal sa Diyos upang pagyamanin ang nakababagot nilang buhay at punan ang kahungkagan sa kanilang puso ay ang uri ng mga tao na nagnanasa sa madaling buhay, hindi sila tunay na naghahangad na mahalin ang Diyos. Ang ganitong uri ng pagmamahal ay sapilitan, ito ay paghahangad ng kasiyahang pangkaisipan, at hindi ito kailangan ng Diyos. Kung gayon, anong klase ang pagmamahal mo? Para saan ang pagmamahal mo sa Diyos? Gaano kalaki ang tunay na pagmamahal sa Diyos na nasa iyong kalooban ngayon? Ang pagmamahal ng karamihan sa inyo ay katulad ng nabanggit. Mapapanatili lamang ng gayong pagmamahal ang kasalukuyang estado ng mga bagay-bagay; hindi nito makakamit ang kawalan ng pagbabago, ni hindi ito mag-uugat sa tao. Ang ganitong klaseng pagmamahal ay katulad lamang ng isang bulaklak na namumukadkad at nalalanta nang hindi namumunga. Sa madaling salita, matapos mong mahaling minsan ang Diyos sa gayong paraan, kung walang sinumang aakay sa iyo sa landas sa unahan, malulugmok ka. Kung kaya mo lamang mahalin ang Diyos sa oras ng pagmamahal sa Diyos ngunit pagkatapos ay hindi pa rin nagbabago ang iyong disposisyon sa buhay, hindi ka pa rin makakatakas sa pagkabalot ng impluwensya ng kadiliman, hindi ka pa rin makakalaya mula sa mga gapos ni Satanas at sa pandaraya nito. Walang sinumang tulad nito ang ganap na makakamit ng Diyos; sa huli, pag-aari pa rin ni Satanas ang kanilang espiritu, kaluluwa, at katawan. Walang alinlangan iyan. Lahat ng hindi ganap na makakamit ng Diyos ay babalik sa kanilang orihinal na lugar, ibig sabihin, babalik sila kay Satanas, at bababa sa lawa ng apoy at asupre upang tanggapin ang susunod na hakbang ng kaparusahan mula sa Diyos. Yaong mga nakamit ng Diyos ay yaong mga tinatalikdan si Satanas at tumatakas mula sa sakop nito. Sila ay opisyal na kabilang sa mga tao ng kaharian. Ganito ang kinahihinatnan ng mga tao ng kaharian. Handa ka bang maging ganitong klaseng tao? Handa ka bang makamit ng Diyos? Handa ka bang tumakas mula sa sakop ni Satanas at bumalik sa Diyos? Pag-aari ka na ba ngayon ni Satanas o kabilang ka sa mga tao ng kaharian? Dapat ay maliwanag na ang mga bagay na ito, at hindi na nangangailangan ng karagdagang paliwanag.

Noong araw, maraming naghahangad nang may napakatayog na ambisyon at mga kuru-kuro, naghahangad sila bunga ng kanilang sariling mga pag-asam. Isantabi natin ang ganitong mga isyu sa sandaling ito; ang pinakamahalaga ngayon ay humanap ng paraan ng pagsasagawa na magbibigay sa bawat isa sa inyo ng kakayahang mapanatili ang isang normal na kalagayan sa harap ng Diyos at unti-unting makawala sa mga gapos ng impluwensya ni Satanas, upang makamit kayo ng Diyos, at maisabuhay ninyo sa lupa ang hinihingi sa inyo ng Diyos. Sa ganitong paraan lamang ninyo matutupad ang mga layunin ng Diyos. Maraming naniniwala sa Diyos, subalit hindi alam kung ano ang

nais ng Diyos ni kung ano ang nais ni Satanas. Naniniwala sila nang may pagkalito, basta sumasabay na lamang sa daloy, kaya nga hindi sila kailanman nagkaroon ng isang normal na buhay-Kristiyano; higit pa rito, hindi sila kailanman nagkaroon ng normal na personal na mga relasyon, lalo na ng normal na relasyon sa Diyos. Mula rito makikita na maraming paghihirap at pagkukulang ang tao, at iba pang mga kadahilanang maaaring makahadlang sa kalooban ng Diyos. Sapat na ito upang patunayan na hindi pa nakatahak ang tao sa tamang landas ng paniniwala sa Diyos, ni hindi pa sila nakapasok sa tunay na karanasan ng buhay ng tao. Kaya ano ang ibig sabihin ng tumahak sa tamang landas ng paniniwala sa Diyos? Ang tumahak sa tamang landas ay nangangahulugan na maaari mong patahimikin ang puso mo sa harap ng Diyos sa lahat ng oras at matamasa ang normal na pakikipagniig sa Diyos, na unti-unting nalalaman kung ano ang kulang sa tao at dahan-dahang nagkakamit ng mas malalim na kaalaman tungkol sa Diyos. Sa pamamagitan nito, nagkakamit ng bagong kabatiran at bagong kaliwanagan ang iyong espiritu araw-araw; lumalago ang iyong pananabik, hinahangad mong makapasok sa katotohanan, at araw-araw ay may bagong liwanag at bagong pagkaunawa. Sa pamamagitan ng landas na ito, unti-unti kang makakalaya sa impluwensya ni Satanas at lalago sa iyong buhay. Ang gayong mga tao ay nakapasok na sa tamang landas. Suriin ang sarili mong aktwal na mga karanasan at siyasatin ang landas na natahak mo sa iyong pananampalataya: Kapag inihambing mo ang mga iyon sa inilarawan sa itaas, nakikita mo bang nasa tamang landas ka? Sa anong mga bagay ka na nakalaya mula sa mga gapos at impluwensya ni Satanas? Kung hindi ka pa nakakatahak sa tamang landas, hindi pa napuputol ang iyong kaugnayan kay Satanas. Dahil dito, aakayin ka ba ng iyong paghahangad na mahalin ang Diyos patungo sa isang pagmamahal na tunay, nakatuon, at wagas? Sabi mo, hindi natitinag at taos-puso ang pagmamahal mo sa Diyos, subalit hindi ka pa nakakalaya sa mga gapos ni Satanas. Hindi mo ba sinusubukang lokohin ang Diyos? Kung nais mong matamo ang isang kalagayan kung saan puro ang pagmamahal mo sa Diyos, at nais mong ganap na makamit ng Diyos at makabilang sa mga tao ng kaharian, kailangan mo munang itakda ang sarili mo sa tamang landas ng paniniwala sa Diyos.

Tungkol sa mga Hakbang ng Gawain ng Diyos

Mula sa labas, tila natapos na ang mga hakbang ng kasalukuyang gawain ng Diyos, at naranasan na ng tao ang paghatol, pagkastigo, paghampas, at pagpipino ng mga salita ng Diyos, at sumailalim na sa mga hakbang kagaya ng pagsubok sa mga taga-serbisyo, pagpipino sa panahon ng pagkastigo, pagsubok ng kamatayan, pagsubok sa mga panghambingan, at panahon ng pagmamahal sa Diyos. Ngunit bagamat dumaranas ng matinding pagdurusa sa bawat hakbang, nanatiling walang alam ang mga tao tungkol sa kalooban ng Diyos. Isaalang-alang ang pagsubok sa mga taga-serbisyo bilang

halimbawa: Hindi pa rin malinaw sa kanila kung ano ang natamo nila, kung ano ang nalaman nila, at kung ano ang resultang gusto ng Diyos na makamit. Kung titingnan ang bilis ng gawain ng Diyos, ang mga tao ay tila lubos na walang kakayahang makaagapay sa kasalukuyang tulin nito. Maaaring makita na una munang ibinubunyag ng Diyos ang mga hakbang na ito ng Kanyang gawain sa tao, at sa halip na kailanganing maabot ang antas na kayang ilarawan sa isip ng tao sa alinman sa mga hakbang na ito, Siya ay nagbibigay-liwanag sa isang usapin. Para gawing perpekto ng Diyos ang isang tao upang tunay Niyang makamit ito, kailangan Niyang gawin ang lahat ng hakbang sa itaas. Ang layunin sa paggawa ng gawaing ito ay ang ipakita kung anong mga hakbang ang kinakailangang ipatupad ng Diyos upang gawing perpekto ang isang grupo ng mga tao. Kaya, kung titingnan mula sa labas, ang mga hakbang ng gawain ng Diyos ay natapos na—ngunit sa diwa, opisyal pa lamang Niyang sinimulan ang pagperpekto sa sangkatauhan. Dapat ay malinaw ito sa mga tao: Ang mga hakbang ng Kanyang gawain ang natapos na, ngunit ang mismong gawain ay hindi pa natatapos. Ngunit sa kanilang mga kuru-kuro, naniniwala ang mga tao na ang mga hakbang ng gawain ng Diyos ay nabunyag nang lahat sa tao, at kaya wala nang pag-aalinlangan na natapos na ang Kanyang gawain. Ang paraang ito ng pagtingin sa mga bagay-bagay ay maling-mali. Ang gawain ng Diyos ay salungat sa mga kuru-kuro ng tao at umaatake sa mga kuru-kurong ito sa lahat ng aspeto; ang mga hakbang ng gawain ng Diyos ay partikular na hindi nakaayon sa mga kuru-kuro ng tao. Lahat ng ito ay naglalahad ng karunungan ng Diyos. Maaaring makita rito na ang mga kuru-kuro ng tao ay nagsasanhi ng pagkagambala sa bawat pagkakataon, at gumaganti ang Diyos sa lahat ng inilalarawan sa isip ng tao, na malinaw na makikita sa aktuwal na mga karanasan. Iniisip ng lahat na napakabilis gumawa ng Diyos, at na natatapos na ang gawain ng Diyos bago pa man nila ito malaman, bago pa sila magkaroon ng anumang pagkaunawa rito at habang nalilito pa rin sila. Ganito ang nangyayari sa bawat hakbang ng Kanyang gawain. Karamihan sa mga tao ay naniniwala na pinaglalaruan ng Diyos ang mga tao—ngunit hindi iyan ang layunin ng Kanyang gawain. Ang Kanyang paraan ng paggawa ay sa pamamagitan ng pagninilay: tulad muna ng mabilis na pagsulyap sa mga bulaklak habang sakay ng kabayo, pagkatapos ay pagpunta sa mga detalye, at pagkatapos ay ganap na pagpipino sa mga detalyeng ito—na nakasosorpresang sa mga tao. Sinusubukang linlangin ng mga tao ang Diyos, iniisip na kung makakaraos lamang sila hanggang maabot nila ang isang punto, masisiyahan na ang Diyos. Ang totoo, paano magiging posible na masiyahan ang Diyos sa pagtatangka ng mga tao na makaraos lang? Para makamit ang pinakamainam na epekto, ang Diyos ay gumagawa sa pamamagitan ng pagsorpresang sa mga tao, sa pamamagitan ng pagsalakay habang hindi nila ito namamalayan; nagbibigay ito sa kanila ng mas malaking kaalaman tungkol sa Kanyang karunungan, at ng mas malaking pagkaunawa sa Kanyang pagiging matuwid, pagkamaharlika, at di-nalalabag na disposisyon.

Opisyal nang sinimulan ng Diyos ngayon ang pagperpekto sa mga tao. Upang

maperpekto, kailangang sumailalim ng mga tao sa paghahayag, paghatol, at pagkastigo ng Kanyang mga salita, at kailangan nilang maranasan ang mga pagsubok at pagpipino ng Kanyang mga salita (kagaya ng pagsubok sa mga taga-serbisyo), at kailangan nilang matagalan ang pagsubok ng kamatayan. Ang ibig sabihin nito ay na sa gitna ng paghatol, pagkastigo, at mga pagsubok ng Diyos, ang mga tunay na sumusunod sa kalooban ng Diyos ay nagagawang magpapuri sa Diyos mula sa kaibuturan ng kanilang puso, at lubusang sundin ang Diyos at talikuran ang kanilang mga sarili, samakatuwid ay iniibig ang Diyos nang may pusong taimtim, lubos na nakatuon, at dalisay; gayon ang isang perpektong tao, at ito ang mismong gawain na nilalayong isagawa ng Diyos, at ang gawain na Kanyang isasakatuparan. Hindi dapat basta gumawa ng mga konklusyon ang mga tao tungkol sa pamamaraan ng paggawa ng Diyos. Kailangan lamang nilang hangarin ang pagpasok sa buhay. Ito ay napakahalaga. Huwag busisiin nang madalas ang pamamaraan ng paggawa ng Diyos; hahadlangan lamang nito ang iyong mga inaasahan sa hinaharap. Gaano na karami ang iyong nakita sa Kanyang pamamaraan ng paggawa? Gaano ka ba naging masunurin? Gaano na karami ang iyong nakamit mula sa bawat pamamaraan ng Kanyang gawain? Nakahanda ka bang maperpekto ng Diyos? Hinihiling mo bang maging perpekto? Lahat ng ito ay mga bagay na dapat mong maunawaan nang husto at pasukin.

Ang Tiwaling Tao ay Walang Kakayahang Kumatawan sa Diyos

Ang tao ay nabubuhay sa ilalim ng pagkakabalot ng impluwensya ng kadiliman, nakagapos sa impluwensya ni Satanas nang hindi makakatakas. At ang disposisyon niya, pagkatapos itong maproseso ni Satanas, ay nagiging lalo at lalo pang tiwali. Maaaring masabi na ang tao ay noon pa namumuhay kasama ang kanyang tiwali at malasatanas na disposisyon, at walang kakayahang tunay na ibigin ang Diyos. Yamang ganito, kung nais ng tao na ibigin ang Diyos, kailangan niyang matanggalan ng kanyang pagmamagaling, labis na pagpapahalaga sa sarili, pagmamataas, kapalaluan, at iba pang gaya nito—lahat ng mula sa disposisyon ni Satanas. Kung hindi, ang pag-ibig ng tao ay isang hindi dalisay na pag-ibig, isang pag-ibig kay Satanas, at isa na siguradong hindi makakatanggap ng pagsang-ayon ng Diyos. Kung hindi direktang ginagawang perpekto, pinakikitunguhan, binabasag, tinatabas, dinidisiplina, itinutuwid, at pinipino ng Banal na Espiritu, walang sinuman ang tunay na nakakaibig sa Diyos. Kung sinasabi mo na ang isang bahagi ng iyong disposisyon ay kumakatawan sa Diyos at dahil dito ay kaya mong ibigin nang tunay ang Diyos, isa ka na mayabang magsalita at nahihibang. At ang mga taong katulad nito ay ang arkanghel! Ang likas na kalikasan ng tao ay hindi kayang direktang kumatawan sa Diyos; kailangang alisin ng tao ang katutubong kalikasan niya sa pamamagitan ng pagperpekto ng Diyos at saka lamang—sa pamamagitan lamang

ng pagmamalasakit sa kalooban ng Diyos, pagtupad sa mga layunin ng Diyos at higit pa rito ay pagpapasailalim sa gawain ng Banal na Espiritu—na masasang-ayunan ng Diyos ang kanyang isinasabuhay. Walang sinuman na nabubuhay sa laman ang kayang direktang kumatawan sa Diyos, maliban kung siya ay isang tao na ginagamit ng Banal na Espiritu. Gayunman, kahit sa taong katulad nito, ang kanyang disposisyon at kung ano ang kanyang isinasabuhay ay hindi masasabi na ganap na kumakatawan sa Diyos; masasabi lamang na ang kanyang isinasabuhay ay ginagabayan ng Banal na Espiritu. Ang disposisyon ng gayong tao ay hindi kayang kumatawan sa Diyos.

Kahit na ang disposisyon ng tao ay itinatalaga ng Diyos—ito ay hindi mapag-aalinlanganan at maituturing na isang positibong bagay—ito ay naproseso na ni Satanas. Samakatuwid, ang buong disposisyon ng tao ay disposisyon ni Satanas. Sinasabi ng ilang tao na ang disposisyon ng Diyos ay ang maging tuwiran sa paggawa ng mga bagay-bagay, at na ito rin ay ipinamamalas nila, na ang kanilang karakter ay ganito rin, at kaya, sinasabi nila na ang kanilang disposisyon ay kumakatawan sa Diyos. Anong klaseng tao ang mga ito? Kaya bang katawanin ng tiwali at malasatanas na disposisyon ang Diyos? Sinumang nagpapahayag na ang kanyang disposisyon ay kumakatawan sa Diyos ay lumalapastangan sa Diyos at iniinsulto ang Banal na Espiritu! Ipinapakita ng paraan kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu na ang gawain ng Diyos sa lupa ay tanging ang gawain ng paglupig. Ito ang dahilan kung bakit ang maraming tiwaling satanikong disposisyon ng tao ay hindi pa nalilinis at kung bakit ang isinasabuhay ng tao ay ang larawan pa rin ni Satanas. Ito ang pinaniniwalaan ng tao na mabuti at kumakatawan ito sa mga gawa ng laman ng tao, o, para maging mas tumpak, ito ay kumakatawan kay Satanas at walang-pasubali na hindi kayang kumatawan sa Diyos. Kahit na ang isang tao ay umiibig na sa Diyos hanggang sa puntong natatamasa na niya ang buhay ng langit sa lupa, kayang makapagbitaw ng mga pahayag na tulad ng: “O Diyos! Hindi Kita maiibig nang sapat,” at narating na ang pinakamataas na dako, hindi pa rin masasabi na isinasabuhay niya ang Diyos o kumakatawan sa Diyos, dahil ang diwa ng tao ay hindi katulad ng sa Diyos, at hindi kailanman maisasabuhay ng tao ang Diyos, lalo na ang maging Diyos. Ang naipatnubay ng Banal na Espiritu sa tao na isabuhay ay alinsunod lamang sa kung ano ang hinihingi ng Diyos sa tao.

Ang lahat ng kilos at gawa ni Satanas ay nakikita sa tao. Ngayon, ang lahat ng kilos at gawa ng tao ay pagpapahayag ni Satanas at samakatuwid ay hindi kayang kumatawan sa Diyos. Ang tao ang pagsasakatawan ni Satanas, at ang disposisyon ng tao ay hindi kayang kumatawan sa disposisyon ng Diyos. Ang ilang tao ay may mabuting karakter; ang Diyos ay maaaring gumawa ng ilang gawain sa pamamagitan ng karakter ng mga naturang tao at ang gawain na kanilang ginagawa ay ginagabayan ng Banal na Espiritu. Nguni’t ang kanilang disposisyon ay hindi kayang kumatawan sa Diyos. Ang gawain na ginagawa ng Diyos sa kanila ay paggawa lamang at pagpapalawak ng kung ano na ang umiiral sa loob. Mga propeta man mula sa mga nakaraang kapanahunan o mga taong

ginagamit ng Diyos, walang sinuman ang kayang direktang kumatawan sa Kanya. Ang mga tao ay naiibig lamang ang Diyos dahil napipilitan sa mga nangyayari, at wala ni isa ang kusang nagsisikap upang makipagtulungan. Ano ang mga positibong bagay? Ang lahat ng direktang nanggagaling sa Diyos ay positibo. Gayunman, ang disposisyon ng tao ay naproseso na ni Satanas at hindi kayang kumatawan sa Diyos. Tanging ang pag-ibig, ang kahandaan na magdusa, ang katuwiran, pagpapasakop, at pagpapakumbaba at pagkatago ng nagkatawang-taong Diyos ang direktang kumakatawan sa Diyos. Ito ay dahil noong Siya ay pumarito, Siya ay dumating nang walang makasalanang kalikasan at direktang dumating mula sa Diyos, nang hindi naproseso ni Satanas. Si Jesus ay kawangis lamang ng makasalanang laman at hindi kumakatawan sa kasalanan; samakatuwid, ang Kanyang mga kilos, gawa, at salita, hanggang sa panahon bago ang Kanyang pagtupad ng gawain sa pamamagitan ng pagpapapako sa krus (kabilang ang sandali ng Kanyang pagpapapako sa krus), ay lahat direktang kumakatawan sa Diyos. Ang halimbawa ni Jesus ay sapat na upang patunayan na ang sinumang tao na may makasalanang kalikasan ay hindi kayang kumatawan sa Diyos, at na ang kasalanan ng tao ay kumakatawan kay Satanas. Ang ibig sabihin nito, ang kasalanan ay hindi kumakatawan sa Diyos at ang Diyos ay walang kasalanan. Kahit ang gawaing ginawa ng Banal na Espiritu sa tao ay maituturing lamang na nagabayan ng Banal na Espiritu at hindi masasabi na ginawa ng tao sa ngalan ng Diyos. Nguni't para sa tao, ang kanyang kasalanan man o ang kanyang disposisyon ay hindi kumakatawan sa Diyos. Sa pagtingin sa gawaing nagawa ng Banal na Espiritu sa tao mula noon hanggang ngayon, nakikita ng isang tao na taglay ng tao kung ano ang kanyang isinasabuhay dahil lamang gumawa sa kanya ang Banal na Espiritu. Lubhang kakaunti lamang ang nagagawang isabuhay ang katotohanan matapos ang pakikitungo at pagdidisiplina ng Banal na Espiritu. Ang ibig sabihin nito, tanging ang gawain ng Banal na Espiritu ang naroroon; ang kooperasyon sa panig ng tao ay wala. Malinaw mo na ba itong nakikita ngayon? Yamang ganito, paano mo gagawin ang lahat ng makakaya mo upang makipagtulungan sa Kanya at tuparin ang iyong tungkulin kapag gumagawa ang Banal na Espiritu?

Kailangang Maalis ang Paglilingkod na Pangrelihiyon

Mula pa sa simula ng gawain Niya sa buong sansinukob, ang Diyos ay nagtalaga na ng maraming tao upang paglingkuran Siya, kabilang na ang mga taong may iba't ibang kalagayan sa buhay. Ang layunin Niya ay tuparin ang Kanyang kalooban at tapusin nang maayos ang Kanyang gawain sa lupa; ito ang layunin ng Diyos sa pagpili ng mga taong maglilingkod sa Kanya. Dapat maunawaan ng bawat taong naglilingkod sa Diyos ang kalooban Niya. Sa pamamagitan ng gawain Niyang ito, mas nakikita ng mga tao ang karunungan at ang walang hanggang kapangyarihan ng Diyos, at ang mga prinsipyo ng

Kanyang gawain sa lupa. Ang Diyos ay tunay na pumarito sa lupa upang gawin ang Kanyang gawain, upang makipag-ugnayan sa mga tao, upang mas malinaw nilang malaman ang Kanyang mga gawa. Ngayon, kayo, na grupong ito ng mga tao, ay mapalad na maglingkod sa praktikal na Diyos. Ito ay di-masusukat na pagpapala para sa inyo—tunay ngang iniangat kayo ng Diyos. Sa pagpili ng isang tao na maglilingkod sa Kanya, ang Diyos ay laging may sariling mga prinsipyo. Ang paglilingkod sa Diyos ay hinding-hindi gaya ng iniisip ng tao, na tungkol lamang sa pagkakaroon ng sigasig. Ngayon nakikita ninyo na ang lahat ng naglilingkod sa harap ng Diyos ay ginagawa ito dahil taglay nila ang patnubay ng Diyos at ang gawain ng Banal na Espiritu, at dahil sila ay mga taong naghahangad na matamo ang katotohanan. Ang mga ito ang pinakamababang kondisyon para sa lahat ng nagsisilbi sa Diyos.

Ang paglilingkod sa Diyos ay hindi isang simpleng gawain. Ang mga taong hindi nagbabago ang tiwaling disposisyon ay hindi kailanman maaaring maglingkod sa Diyos. Kung ang disposisyon mo ay hindi pa nahatulan at nakastigo ng mga salita ng Diyos, ang disposisyon mo ay kumakatawan pa rin kay Satanas, na nagpapatunay na pinaglilingkuran mo ang Diyos ayon sa iyong mabubuting layunin, na ang paglilingkod mo ay batay sa iyong satanikong kalikasan. Naglilingkod ka sa Diyos gamit ang likas mong pagkatao, at ayon sa mga personal mong kagustuhan. Dagdag pa rito, lagi mong iniisip na ang mga bagay na handa kang gawin ay ang mga bagay na nakalulugod sa Diyos, at ang mga bagay na hindi mo nais gawin ay ang mga bagay na kinapopootan ng Diyos; lubos kang gumagawa nang naaayon sa sarili mong mga kagustuhan. Matatawag ba itong paglilingkod sa Diyos? Sa huli, ang disposisyon mo sa buhay ay hindi magbabago ni katiting; sa halip, magiging mas matigas ang ulo mo dahil sa paglilingkod mo, at sa gayon ay mapapalalim ang iyong tiwaling disposisyon. Dahil dito, mabubuo sa iyong kalooban ang mga alituntunin sa paglilingkod sa Diyos na ang pangunahing batayan ay ang sarili mong pagkatao, at mga karanasang mula sa iyong paglilingkod ayon sa sarili mong disposisyon. Ito ang mga karanasan at mga aral ng tao. Ito ang pilosopiya ng tao sa pamumuhay sa mundo. Ang mga taong tulad nito ay maitutulad sa mga Pariseo at mga pinuno ng relihiyon. Kung hindi sila kailanman magigising at magsisisi, tiyak na magiging mga huwad na Cristo at mga anticristo sila na manlilinlang sa mga tao sa mga huling araw. Magmumula sa ganitong mga tao ang nabanggit na mga huwad na Cristo at mga anticristo. Kung ang mga naglilingkod sa Diyos ay sumusunod sa sarili nilang pagkatao at kumikilos ayon sa sarili nilang kalooban, nanganganib silang mapalayas anumang oras. Sa mga naglilingkod sa Diyos na gumagamit ng mga karanasan nila sa loob ng maraming taon upang makuha ang puso ng ibang tao, mapangaralan at makontrol sila, at magkaroon ng mataas na katayuan—at hindi kailanman nagsisisi, hindi kailanman nagtatapat ng kanilang mga kasalanan, hindi kailanman tinatalikuran ang mga benepisyo ng posisyon—ang mga taong ito ay babagsak sa harap ng Diyos. Sila ay mga kauri ni Pablo, nagpapalagay na nakatataas sila at ipinangangalandakan ang kanilang mga kuwalipikasyon. Hindi

gagawing perpekto ng Diyos ang mga taong tulad nito. Ang ganitong uri ng paglilingkod ay humahadlang sa gawain ng Diyos. Ang mga tao ay palaging kumakapit sa nakalipas. Kumakapit sila sa mga kuru-kuro ng nakalipas, sa lahat ng bagay mula sa nakaraan. Malaking sagabal ito sa kanilang paglilingkod. Kung hindi mo kayang iwaksi ang mga ito, magiging hadlang ang mga ito sa buong buhay mo. Hindi ka pupurihin ng Diyos ni katiting, kahit pa mabali ang mga binti mo sa pagtakbo o ang likod mo sa paggawa, kahit pa mapatay ka sa paglilingkod mo sa Diyos. Sa kabaligtaran: sasabihin Niya na ikaw ay isang masamang tao.

Simula ngayon, pormal na gagawing perpekto ng Diyos ang mga walang kuru-kuro tungkol sa relihiyon, ang mga handang isantabi ang mga lumang bersyon ng sarili nila, at ang mga sumusunod sa Diyos sa isang matapat na pamamaraan. Gagawin Niyang perpekto ang mga nananabik sa mga salita ng Diyos. Ang mga taong ito ay dapat manindigan at maglingkod sa Diyos. Sa Diyos, mayroong walang-katapusang kasaganaan at walang-hangganang karunungan. Ang Kanyang kahanga-hangang gawain at mahahalagang salita ay naghihintay na matamasa ng mas marami pang tao. Sa ngayon, ang mga taong may mga kuru-kuro tungkol sa relihiyon, ang mga nag-aakalang nakatataas sila, at ang mga hindi maisantabi ang kanilang mga sarili ay nahihirapang tanggapin ang mga bagong bagay na ito. Walang pagkakataon ang Banal na Espiritu na gawing perpekto ang mga taong ito. Kung ang isang tao ay hindi pa nagpapasyang sumunod, at hindi nauuhaw sa mga salita ng Diyos, wala siyang paraan para tanggapin ang mga bagong bagay na ito; siya ay patuloy lamang na magiging mas mapanghimagsik, patuloy na magiging mas tuso, at dahil dito ay hahantong siya sa maling daan. Sa paggawa Niya ng Kanyang gawain ngayon, mas maraming iaangat ang Diyos na mga tao na tunay na nagmamahal sa Kanya at kayang tumanggap ng bagong liwanag, at lubos Niyang pababagsakin ang mga pinuno ng relihiyon na nagpapalagay na nakatataas sila; hindi Niya nais ang ni isa sa mga matitigas ang ulo na lumalaban sa pagbabago. Nais mo bang maging isa sa mga taong ito? Naglilingkod ka ba ayon sa sarili mong mga kagustuhan, o sa hinihiling ng Diyos? Isa itong bagay na dapat ay ikaw mismo ang makaalam. Isa ka bang pinuno ng relihiyon, o isa ka bang bagong-silang na sanggol na ginawang perpekto ng Diyos? Gaano karami sa paglilingkod mo ang pinupuri ng Banal na Espiritu? Gaano karami rito ang hindi man lamang pagkakaabalang tandaan ng Diyos? Gaano kalaking pagbabago ang naganap sa buhay mo bilang resulta ng lahat ng taon mo ng paglilingkod? Malinaw ba sa iyo ang lahat ng ito? Kung tunay kang nananampalataya, iwawaksi mo ang mga dati mong kuru-kuro tungkol sa relihiyon na mula pa sa nakalipas, at paglilingkuran mo nang mas mabuti ang Diyos sa isang bagong paraan. Hindi pa huli ang lahat para manindigan ngayon. Kayang mapawalan ng saysay ng mga dating kuru-kuro tungkol sa relihiyon ang buhay ng isang tao. Ang karanasang natatamo ng isang tao ay maaaring maglayo sa kanya sa Diyos at magpagawa sa kanya ng mga bagay-gabay ayon sa sarili niyang pamamaraan. Kung hindi mo isasantabi ang mga bagay na ito, magiging sagabal ang mga ito sa paglago mo sa buhay. Palaging

ginagawang perpekto ng Diyos ang mga naglilingkod sa Kanya, at hindi Niya sila pinalalayas nang basta-basta na lamang. Kung tunay mong tinatanggap ang paghatol at pagkastigo ng mga salita ng Diyos, kung maisasantabi mo ang mga dati mong gawi at alituntuning pangrelihiyon, at makahihinto ka sa paggamit sa mga dati mong kurukuro tungkol sa relihiyon bilang panukat ng mga salita ng Diyos sa kasalukuyan, saka ka lamang magkakaroon ng kinabukasan. Ngunit kung kumakapit ka sa mga lumang bagay, kung pinahahalagahan mo pa rin ang mga ito, walang paraan para mailigtas ka. Hindi pinapansin ng Diyos ang ganitong mga tao. Kung talagang nais mong magawang perpekto, dapat kang magpasya na ganap na talikuran ang lahat ng bagay mula sa nakaraan. Kahit pa tama ang nagawa noon, kahit pa ito ay gawain ng Diyos, dapat mo pa ring magawang isantabi ito at ihinto ang pagkapit dito. Kahit pa malinaw na gawain ito ng Banal na Espiritu, tuwirang ginawa ng Banal na Espiritu, ngayon ay dapat mo itong isantabi. Hindi mo ito dapat panghawakan. Ito ang hinihingi ng Diyos. Ang lahat ng bagay ay dapat mapanibago. Sa gawain ng Diyos at mga salita ng Diyos, hindi Niya tinutukoy ang mga lumang bagay na naganap noon, hindi Niya hinuhukay ang lumang almanak; ang Diyos ay isang Diyos na palaging bago at hindi kailanman luma, at hindi Siya kumakapit kahit sa sarili Niyang mga salita mula sa nakaraan—na nagpapakita na ang Diyos ay hindi sumusunod sa anumang mga alituntunin. Kaya kung ikaw, bilang isang tao, ay palaging kumakapit sa mga bagay mula sa nakaraan, kung tumatanggi kang pakawalan ang mga ito, at mahigpit mong ginagamit ang mga ito na para bang pormula, samantalang ang Diyos ay hindi na gumagawa gamit ang mga paraang ginamit Niya noon, hindi ba't nakagagambala ang mga salita at kilos mo? Hindi ka ba naging kaaway ng Diyos? Hahayaan mo bang masira ang buong buhay mo dahil sa mga lumang bagay na ito? Ang mga lumang bagay na ito ay gagawin kang isang taong humahadlang sa gawain ng Diyos—ito ba ang uri ng tao na nais mong maging? Kung talagang hindi mo iyon ninanais, itigil mo agad ang iyong ginagawa at mag-iba ka ng landas; magsimula kang muli. Hindi tatandaan ng Diyos ang paglilingkod mo noon.

Sa Pananampalataya Mo sa Diyos, Dapat Kang Sumunod sa Diyos

Bakit ka naniniwala sa Diyos? Karamihan ng mga tao ay nalilito sa tanong na ito. Palagi silang mayroong dalawang lubos na magkaibang pananaw tungkol sa praktikal na Diyos at sa Diyos na nasa langit, na nagpapakitang naniniwala sila sa Diyos hindi para sumunod sa Kanya, kundi para makatanggap ng ilang mga pakinabang, o para makatakas sa pagdurusa na dala ng sakuna; saka lamang sila medyo masunurin. May pasubali ang pagsunod nila; ito ay alang-alang sa mga pansarili nilang pag-asam, at ipinilit sa kanila. Kaya, bakit ka nga ba naniniwala sa Diyos? Kung dahil lamang ito sa kapakanan ng mga pag-asam mo at tadhana mo, mas makabubuti pang huwag ka na

lamang maniwala. Ang ganitong paniniwala ay panlilinlang sa sarili, pagpapanatag sa sarili, at paghanga sa sarili. Kung hindi itinayo ang pananampalataya mo sa pundasyon ng pagsunod sa Diyos, parurusahan ka sa huli sa pagsalungat sa Kanya. Lahat yaong mga hindi naghahangad ng pagsunod sa Diyos sa pananampalataya nila ay sumasalungat sa Kanya. Hinihiling ng Diyos na hanapin ng mga tao ang katotohanan, na mauhaw sila sa mga salita Niya, kainin at inumin ang mga salita Niya, at isagawa ang mga ito, upang makamit nila ang pagsunod sa Diyos. Kung ang mga ito ang tunay mong mga layon, tiyak na itataas ka ng Diyos, at tiyak na magiging mapagbiyaya sa iyo. Ito ay hindi mapagdududahan at hindi mababago. Kung ang layon mo ay hindi sumunod sa Diyos, at mayroon kang ibang mga pakay, lahat ng sinasabi at ginagawa mo—ang panalangin mo sa harap ng Diyos, at maging ang bawat kilos mo—ay magiging pagsalungat sa Kanya. Maaaring ikaw ay malumanay magsalita at may banayad na asal, maaaring mukhang wasto ang bawat kilos at pagpapahayag mo, at maaaring mukha kang isang taong sumusunod, ngunit pagdating sa mga layon mo at sa mga pananaw mo tungkol sa pananampalataya sa Diyos, pagsalungat sa Diyos ang lahat ng ginagawa mo; kasamaan ang lahat ng ginagawa mo. Ang mga taong lumilitaw bilang masusunurin tulad ng mga tupa, ngunit nagkikimkim ang mga puso ng masasamang pakay, ay mga lobong nakadamit ng pang-tupa. Tuwiran silang nagkakasala sa Diyos, at hindi ititira ng Diyos ang kahit isa sa kanila. Ibubunyag ng Banal na Espiritu ang bawat isa sa kanila at ipapakita sa lahat na yaong mga mapagkunwari ay tiyak na kamumuhian at tatanggihan ng Banal na Espiritu. Huwag mag-alala: Pakikitunguhan at itatapon ng Diyos ang bawat isa sa kanila nang sunud-sunod.

Kung hindi mo nagagawang tanggapin ang bagong liwanag mula sa Diyos, at hindi nauunawaan ang lahat ng ginagawa ng Diyos ngayon at hindi mo ito hinahangad, o bagkus pinagdududahan mo ito, hinahatulan ito, o masusing sinisiyasat at sinusuri ito, wala kang isip na sumunod sa Diyos. Kung kapag nagpapakita ang liwanag ng dito at ngayon, ay pinahahalagahan mo pa rin ang liwanag ng kahapon at sumasalungat sa bagong gawain ng Diyos, ikaw ay walang iba kundi isang kakatuwa—isa ka sa yaong mga sinasadyang sumalungat sa Diyos. Ang susi sa pagsunod sa Diyos ay ang pagpapahalaga sa bagong liwanag, at ang magawang tanggapin ito at isagawa ito. Ito ang nag-iisang tunay na pagsunod. Yaong mga salat sa kaloobang maghangad sa Diyos ay walang kakayahang sadyang magpasakop sa Kanya, at maaari lamang sumalungat sa Diyos bilang kinalabasan ng kasiyahan nila sa nakasanayan na. Hindi kayang sumunod ng tao sa Diyos dahil sinapihan siya ng dumating na dati. Ang mga bagay na dumating na dati ay nagbigay sa mga tao ng lahat ng uri ng mga kuru-kuro at mga guni-guni tungkol sa Diyos, at ang mga ito ang naging larawan ng Diyos sa mga isip nila. Sa gayon, ang pinaniniwalaan nila ay ang sarili nilang mga kuru-kuro, at ang mga pamantayan ng sarili nilang guni-guni. Kung ikukumpara mo ang Diyos na gumagawa ng aktwal na gawain ngayon sa Diyos ng sarili mong guni-guni, nagmumula kay Satanas ang pananampalataya mo, at nadungisan ng mga sarili mong kagustuhan—hindi nais ng Diyos ang ganitong

uri ng pananampalataya. Gaano man katayog ang mga kredensyal nila, at gaano man sila kasigasig—kahit na naglaan na sila ng habambuhay na pagsisikap sa gawain Niya, at ginawang martir ang mga sarili nila—hindi sinasang-ayunan ng Diyos ang sinumang may ganitong pananampalataya. Pinagkakaloob lamang Niya sa kanila ang maliit na biyaya at hinahayaan silang tamasahin ito nang maikling panahon. Ang ganitong mga tao ay walang kakayahang isagawa ang katotohanan. Hindi gumagawa ang Banal na Espiritu sa loob nila, at isa-isang aalisin ng Diyos ang bawat isa sa kanila. Bata man o matanda, yaong mga hindi sumusunod sa Diyos sa pananampalataya nila at mayroong mga maling layon ay yaong mga sumasalungat at umaabala, at walang alinlangang aalisin ng Diyos ang ganitong mga tao. Yaong mga taong wala ni katiting na pagsunod sa Diyos, na kinikilala lamang ang pangalan Niya, at mayroong kaunting muwang sa kabutihan at pagiging kaibig-ibig ng Diyos, subalit hindi sumasabay sa mga hakbang ng Banal na Espiritu, at hindi sumusunod sa kasalukuyang gawain at mga salita ng Banal na Espiritu—namumuhay ang ganitong mga tao sa gitna ng biyaya ng Diyos, at hindi Niya kakamitin o gagawing perpekto. Ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao sa pamamagitan ng pagsunod nila, sa pamamagitan ng pagkain, pag-inom, at pagtamasa nila sa mga salita ng Diyos, at sa pamamagitan ng pagdurusa at pagpipino sa mga buhay nila. Tanging sa pamamagitan ng ganitong pananampalataya maaaring magbago ang mga disposisyon ng mga tao, at saka lamang nila maaaring taglayin ang tunay na kaalaman tungkol sa Diyos. Ang pagiging hindi nalulugod sa pamumuhay sa gitna ng biyaya ng Diyos, ang aktibong pananabik at paghahanap sa katotohanan, at paghahangad na makamit ng Diyos—ito ang kahulugan ng sadyang pagsunod sa Diyos at ito ang mismong uri ng pananampalatayang nais Niya. Ang mga taong walang ibang ginagawa kundi tamasahin ang biyaya ng Diyos ay hindi maaaring gawing perpekto o mabago, at paimbabaw lahat ang pagsunod, pagkamaka-Diyos, pagmamahal, at pagtitiis nila. Hindi magagawang tunay na makilala ang Diyos ng yaong mga nagtatamasa lamang ng biyaya ng Diyos, at kahit makilala nila ang Diyos, paimbabaw lamang ang kaalaman nila, at sinasabi nila ang mga bagay na tulad ng “mahal ng Diyos ang tao,” o “mahabagin ang Diyos sa tao.” Hindi nito kinakatawan ang buhay ng tao, at hindi ipinapakitang tunay na nakikilala ng mga tao ang Diyos. Kung kapag pinipino sila ng mga salita ng Diyos, o dumarating sa kanila ang mga pagsubok Niya, ay hindi nagagawang sumunod ng mga tao sa Diyos—kung, sa halip, ay nagiging mapagduda sila, at bumabagsak—hindi sila masunurin ni katiting. Sa loob nila, maraming patakaran at paghihigpit tungkol sa pananampalataya sa Diyos, mga lumang karanasang bunga ng maraming taon ng pananampalataya, o ng iba’t ibang patakarang nakabatay sa Bibliya. Kaya bang sumunod sa Diyos ang ganitong mga tao? Puspos ang mga taong ito ng mga pantaong bagay—paano sila makasusunod sa Diyos? Ang “pagsunod” nila ay ayon sa pansarili nilang kagustuhan—nanaisin ba ng Diyos ang pagsunod na tulad nito? Hindi ito pagsunod sa Diyos, kundi pagkapit sa mga patakaran; ito ay pagpapalugod at pagpapahinahon sa kanilang mga sarili. Kung sinasabi mong pagsunod ito sa Diyos,

hindi ka ba lumalapastangan laban sa Kanya? Isa kang Ehiptong Faraon. Gumagawa ka ng kasamaan, at malinaw na nakikibahagi ka sa gawain ng pagsalungat sa Diyos—ganito ka ba nais maglingkod ng Diyos? Mas makabubuting magmadali ka sa pagsisisi, at subukang magkamit ng kaunting kamalayan sa sarili. Kung mabibigo ka rito, mas mainam na umuwi ka na lamang; mas makabubuti iyon sa iyo kaysa sa ipinahahayag mong paglilingkod sa Diyos. Hindi ka mang-aabala at manggugulo; mababatid mo ang lugar mo, at mamumuhay nang maayos—hindi ba mas mainam iyon? At hindi ka maparurusahan sa pagsalungat sa Diyos!

Napakahalagang Magtatag ng Isang Normal na Kaugnayan sa Diyos

Kapag pinananaligan, minamahal, at pinalulugod ng mga tao ang Diyos, hinahaplos nila ang Espiritu ng Diyos gamit ang kanilang puso at sa gayon ay nakakamit ang Kanyang kaluguran, nakikipag-ugnayan sila sa mga salita ng Diyos gamit ang kanilang puso, at sa gayon ay naaantig sila ng Kanyang Espiritu. Kung nais mong mamuhay ng isang normal na espirituwal na buhay at magtatag ng isang normal na kaugnayan sa Diyos, kailangan mo munang ibigay sa Kanya ang iyong puso. Pagkatapos mong mapatahimik ang iyong puso sa Kanyang harapan at maibuhos sa Kanya ang iyong buong puso, saka mo lamang magagawang unti-unting magkaroon ng isang normal na espirituwal na buhay. Kung sa pananalig ng mga tao sa Diyos ay hindi nila ibinibigay ang kanilang puso sa Kanya, kung ang kanilang puso ay wala sa Kanya, at hindi nila tinatrato ang Kanyang pasanin bilang sarili nilang pasanin, lahat ng kanilang ginagawa ay pandaraya sa Diyos, isang tipikal na kilos ng mga taong relihiyoso, at hindi nito matatamo ang papuri ng Diyos. Walang makakamit ang Diyos sa ganitong klaseng tao, maaari lamang silang magsilbing mapaghahambingan ng Kanyang gawain. Ang mga taong ito ay gaya ng mga palamuti sa sambahayan ng Diyos—sila ay umookupa lamang ng lugar at sila ay basura, at hindi sila ginagamit ng Diyos. Hindi lamang walang pagkakataon na gagawaan sila ng Banal na Espiritu, wala ring halaga na gawin silang perpekto. Ang ganitong klaseng tao, sa totoo lang, ay isang naglalakad na bangkay. Walang bahagi nila ang magagamit ng Banal na Espiritu—lubusan na silang pinangibabawan at malalim na nagawang tiwali ni Satanas. Aalisin ng Diyos ang mga taong ito. Kapag gumagamit ng mga tao ang Banal na Espiritu sa kasalukuyan, hindi lamang Niya ginagamit ang mga kanais-nais nilang bahagi upang magawa ang mga bagay-bagay—pineperpekto at binabago rin Niya ang mga bahagi nilang hindi kanais-nais. Kung kaya mong ibuhos sa Diyos ang puso mo at mapatahimik ito sa Kanyang harapan, magkakaroon ka ng pagkakataon at mga kwalipikasyon para magamit ng Banal na Espiritu, at matanggap ang Kanyang kaliwanagan at pagtanglaw. Bukod pa rian, magkakaroon ka ng pagkakataon para mapunan ng Banal na Espiritu ang iyong

mga pagkukulang. Kapag ibinigay mo sa Diyos ang puso mo, ang positibong panig, makapagtatamo ka ng mas malalim na pagpasok at makapagtatamo ka ng mas mataas na antas ng kabatiran. Ang negatibong panig, mas malalaman mo ang iyong mga pagkukulang at kamalian, at lalo kang mananabik at maghahangad na mapalugod ang kalooban ng Diyos. Higit pa roon, hindi ka magiging pasibo, magagawa mong aktibong pumasok. Ipinakikita nito na isa kang tamang tao. Ipagpalagay nang kaya ng puso mo na manatiling tahimik sa harap ng Diyos, kung tatanggap ka o hindi ng papuri mula sa Banal na Espiritu, at kung mapalulugod mo o hindi ang Diyos, ay labis na nakabatay sa kung aktibo kang makapapasok. Kapag binibigyang-liwanag ng Banal na Espiritu ang mga tao at ginagamit sila, hindi Niya sila kailanman ginagawang negatibo, lagi Niya silang aktibong pinasusulong. At kapag ginagawa Niya ito, taglay pa rin ng mga tao ang kanilang mga kahinaan, pero hindi sila namumuhay batay sa mga ito. Hindi nila ipinagpapaliban ang paglago ng kanilang buhay, at patuloy nilang hinahangad na mapalugod ang kalooban ng Diyos. Ito ay isang pamantayan. Kung matatamo mo ito, patunay ito na nakamit mo na ang presensya ng Banal na Espiritu. Kung palaging negatibo ang isang tao, at kung kahit matapos niyang matanggap ang kaliwanagan at makilala ang kanyang sarili ay nananatili pa rin siyang negatibo at pasibo at hindi niya magawang tumayo at gumawa kasama ng Diyos, natanggap lamang niya ang biyaya ng Diyos, at hindi sumasakanya ang Banal na Espiritu. Ang kanyang pagiging negatibo ay nangangahulugang hindi nakabaling sa Diyos ang kanyang puso, at hindi pa naaantig ng Espiritu ng Diyos ang kanyang espiritu. Dapat itong maunawaan ng lahat.

Mula sa karanasan, makikita na napakahalaga na mapatahimik ng isang tao ang kanyang puso sa harap ng Diyos. May kinalaman ito sa mga usapin tungkol sa espirituwal na buhay at paglago sa buhay ng mga tao. Magbubunga lamang ang pagsisikap mong matamo ang katotohanan at mabago ang iyong disposisyon kung payapa ang puso mo sa harap ng Diyos. Ito ay dahil humarap ka sa Kanya nang may pasanin, dahil palagi mong nadarama na nagkukulang ka sa napakaraming paraan, na maraming katotohanan ang kailangan mong malaman, na maraming realidad na kailangan mong maranasan, at na dapat mong isaalang-alang ang kalooban ng Diyos. Nasa isip mo palagi ang mga bagay na ito, para bang labis kang dinadaganan ng mga ito na hindi ka na makahinga, at sa gayon ay napakalungkot mo (bagama't hindi ka negatibo). Ang ganitong tao lamang ang karapat-dapat na tumanggap ng kaliwanagan ng mga salita ng Diyos at maantig ng Espiritu ng Diyos. Ito ay dahil sa kanilang pasanin, dahil napakalungkot nila, at, masasabing, dahil sa halagang kanilang ibinayad at pagdurusa na kanilang tiniis sa harap ng Diyos, kung kaya't natatanggap nila ang Kanyang kaliwanagan at pagtanglaw. Sapagkat hindi binibigyan ng Diyos ng espesyal na pagtrato ang sinuman. Lagi Siyang patas sa pagtrato Niya sa mga tao, ngunit hindi rin Siya nagbibigay sa mga tao nang basta-basta o walang kundisyon. Ito ay isang aspeto ng Kanyang matuwid na disposisyon. Sa totoong buhay, hindi pa naaabot ng karamihan sa mga tao ang dakong ito. Ano't anuman, hindi pa nakababaling nang husto sa Diyos ang kanilang puso, kaya

wala pang anumang malaking pagbabago sa kanilang disposisyon sa buhay. Ito ay dahil sa nabubuhay lamang sila sa biyaya ng Diyos at hindi pa nila natatamo ang gawain ng Banal na Espiritu. Ang mga pamantayang kailangang maabot ng mga tao para magamit ng Diyos ay ang mga sumusunod: Kailangan ay nakabaling sa Diyos ang kanilang puso, kailangang dinadala nila ang pasanin ng Kanyang mga salita, kailangan ay mayroon silang pusong nananabik, at kailangang desidido silang sikaping matamo ang katotohanan. Ang ganitong mga tao lamang ang maaaring magtamo ng gawain ng Banal na Espiritu at madalas na magtamo ng Kanyang kaliwanagan at pagtanglaw. Sa tingin ay parang walang katwiran at normal na kaugnayan sa iba ang mga taong ginagamit ng Diyos, subalit nagsasalita sila nang maingat, nang may kagandahang-asal, at palagi nilang kayang patahimikin ang kanilang puso sa harap ng Diyos. Ito mismo ang klase ng tao na karapat-dapat gamitin ng Banal na Espiritu. Ang mga “walang katwirang” taong ito na tinutukoy ng Diyos ay tila ba walang normal na kaugnayan sa iba, at hindi mahalaga sa kanila ang pagpapakita ng pagmamahal o mga panlabas na pagsasagawa, ngunit kapag nagbabahagi sila tungkol sa mga espirituwal na bagay, nagagawa nilang buksan ang kanilang puso at bigyan ang iba ng pagtanglaw at kaliwanagang natamo nila mula sa kanilang aktuwal na mga karanasan sa harap ng Diyos, nang hindi iniisip ang kanilang sarili. Ganito nila ipinahahayag ang kanilang pagmamahal sa Diyos at pinalulugod ang Kanyang kalooban. Kapag sinisiraan at nililibak sila ng iba, naiiwasan nilang maimpluwensyahan ng mga tao, usapin, o bagay, at nananatili silang tahimik sa harap ng Diyos. Tila ba may sarili silang kakaibang mga kabatiran. Anuman ang ginagawa ng iba, hindi kailanman iniwan ng puso nila ang Diyos. Kapag nag-uusap at nagtatawanan ang iba, nananatili ang kanilang puso sa harap ng Diyos, binubulay-bulay nila ang Kanyang salita, o tahimik silang nananalangin sa Diyos sa puso nila, hinahanap ang Kanyang mga layunin. Hindi pinahahalagahan ng mga taong ito ang pagpapanatili ng mga normal na interpersonal na kaugnayan sa mga tao, at tila ba wala silang pilosopiya sa pamumuhay. Mukha silang masigla, kaibig-ibig, at inosente, ngunit nagtataglay rin sila ng kahinahunan. Ito ang wangis ng klase ng taong ginagamit ng Diyos. Ang mga bagay na gaya ng pilosopiya sa pamumuhay o “normal na katwiran” ay sadyang hindi gumagana sa ganitong klaseng tao. Ibinuhos na nila ang kanilang buong puso sa salita ng Diyos, at tila ba ang Diyos lamang ang nasa kanilang puso. Ito ang klase ng “walang katwirang” tao na tinutukoy ng Diyos, at ito mismo ang klase ng taong ginagamit ng Diyos. Ang tanda ng isang taong ginagamit ng Diyos ay: Kailan man o saan man, ang kanyang puso ay palaging nasa harap ng Diyos, at gaano man kasama ang iba, o gaano man magpalayaw ang ibang tao sa pagnanasa at tawag ng laman, hindi kailanman iniwan ng puso ng taong ito ang Diyos, at hindi siya sumusunod sa karamihan. Ang ganitong klaseng tao lamang ang angkop na gamitin ng Diyos, at ang ganitong klaseng tao lamang ang ginagawang perpekto ng Banal na Espiritu. Kung hindi mo ito kayang matamo, hindi ka karapat-dapat na makamit ng Diyos, o maperpekto ng Banal na Espiritu.

Kung nais mong magtatag ng normal na kaugnayan sa Diyos, kailangang nakabaling

sa Kanya ang puso mo; sa pundasyong ito, magkakaroon ka na rin ng mga normal na kaugnayan sa ibang tao. Kung wala kang normal na kaugnayan sa Diyos, anuman ang gawin mo upang mapanatili ang iyong mga kaugnayan sa ibang tao, gaano ka man magsumikap o gaanong lakas man ang iyong ibuhos, ang lahat ng ito ay magiging sa isang pilosopiya lamang ng tao sa pamumuhay. Pangangalagaan mo ang iyong katayuan sa mga tao at makakamit ang kanilang papuri sa pamamagitan ng mga pananaw ng tao at mga pilosopiya ng tao, sa halip na magtatag ng mga normal na interpersonal na kaugnayan ayon sa salita ng Diyos. Kung hindi ka magtutuon ng pansin sa iyong mga kaugnayan sa mga tao, at sa halip ay magpapanatili ka ng isang normal na kaugnayan sa Diyos, kung handa kang ibigay sa Diyos ang puso mo at matutuhan Siyang sundin, natural lamang na magiging normal ang iyong mga interpersonal na kaugnayan. Sa gayon, hindi itatatag sa laman ang mga kaugnayang ito, kundi sa pundasyon ng pagmamahal ng Diyos. Halos wala kang magiging pakikipag-ugnayan sa laman sa ibang mga tao, ngunit sa espirituwal na antas ay magkakaroon ng pagsasamahan at pagmamahalan, kapanatagan, at paglalaan sa pagitan ninyo. Lahat ng ito ay ginagawa sa pundasyon ng pagnanais na mapalugod ang Diyos—ang mga kaugnayang ito ay hindi pinananatili sa pamamagitan ng mga pilosopiya ng tao sa pamumuhay, likas na nabubuo ang mga ito kapag nagdadala ang isang tao ng pasanin para sa Diyos. Hindi kinakailangan ng mga ito na gumawa ka ng anumang pagsisikap na gawa ng tao, kailangan mo lamang magsagawa ayon sa mga prinsipyo ng mga salita ng Diyos. Handa ka bang isaalang-alang ang kalooban ng Diyos? Handa ka bang maging isang taong “walang katwiran” sa harap ng Diyos? Handa ka bang ibigay nang lubusan sa Diyos ang puso mo at balewalain ang iyong katayuan sa ibang mga tao? Sa lahat ng taong nakakasalamuha mo, kanino ka may pinakamagagandang kaugnayan? Kanino ka may pinakamasasamang kaugnayan? Normal ba ang mga kaugnayan mo sa mga tao? Tinatrato mo ba nang pantay-pantay ang lahat ng tao? Pinananatili mo ba ang iyong mga kaugnayan sa iba ayon sa iyong pilosopiya sa pamumuhay, o nakatatag ba ang mga ito sa pundasyon ng pagmamahal ng Diyos? Kapag hindi ibinibigay ng mga tao sa Diyos ang kanilang puso, ang kanilang espiritu ay nagiging matamlay, manhid at walang malay. Hindi kailanman mauunawaan ng ganitong mga tao ang mga salita ng Diyos, hindi sila kailanman magkakaroon ng normal na kaugnayan sa Diyos, at hindi sila kailanman magkakaroon ng pagbabago sa kanilang disposisyon. Ang pagbabago sa disposisyon ng isang tao ay ang proseso ng lubusang pagbibigay ng isang tao ng kanyang puso sa Diyos, at ng pagtanggap ng kaliwanagan at pagtanglaw mula sa mga salita ng Diyos. Pinahihintulutan ng gawain ng Diyos ang mga tao na aktibong makapasok, at binibigyan-daan sila nitong maalís nila ang kanilang mga negatibong bahagi pagkatapos malaman ang mga ito. Kapag naibigay mo na sa Diyos ang puso mo, magagawa mong madama ang bawat beses na medyo naaantig ang iyong espiritu, at malaman ang bawat bahagi ng kaliwanagan at pagtanglaw ng Diyos. Kung magsusumikap ka, unti-unti kang papasok sa landas ng pagpeperpekto ng Banal na

Espiritu. Habang mas tahimik ang puso mo sa harap ng Diyos, mas magiging sensitibo at maselan ang iyong espiritu, mas magagawa nitong madama kung paano ito inaantig ng Banal na Espiritu, at mas magiging normal ang iyong kaugnayan sa Diyos. Ang mga normal na interpersonal na kaugnayan ay itinatag sa pundasyon ng pagbaling ng isang tao ng kanyang puso sa Diyos, hindi sa pamamagitan ng pagsisikap ng tao. Kung wala ang Diyos sa puso ng isang tao, ang mga kaugnayan ng taong ito sa iba ay mga kaugnayan lamang ng laman. Hindi normal ang mga ito, mga mapagnasang pagpapalaway ang mga ito, at kinamumuhian at kinasusuklaman ng Diyos ang mga ito. Kung sasabihin mo na ang iyong espiritu ay naantig, ngunit handa ka lamang na makipagbahaginan sa mga taong gusto mo at nirerespeto mo, at may pagkiling ka laban sa mga taong hindi mo gusto at ayaw mo silang kausapin kapag lumalapit sila sa iyo para magsiyasat, lalo na itong patunay na pinaghaharian ka ng damdamin at wala kang anumang normal na kaugnayan sa Diyos. Ipinakikita nito na tinatangka mong linlangin ang Diyos at ikubli ang sarili mong kapangitan. Maaaring nakapagbabahagi ka ng ilan mong kaalaman, ngunit kung mali ang iyong mga layunin, ang lahat ng ginagawa mo ay mabuti lamang ayon sa mga pamantayan ng tao, at hindi ka pupurihin ng Diyos. Ang iyong mga kilos ay magiging tulak ng iyong laman, hindi ng pasanin ng Diyos. Angkop ka lamang gamitin ng Diyos kung kaya mong patahimikin ang puso mo sa Kanyang harapan at mayroon kang normal na mga pakikipag-ugnayan sa lahat ng nagmamahal sa Kanya. Kung kaya mong gawin iyon, paano ka man makisalamuha sa iba, hindi ka kikilos ayon sa isang pilosopiya sa pamumuhay, isasaalang-alang mo ang pasanin ng Diyos at mamumuhay ka sa Kanyang harapan. Ilan ang mga taong kagaya nito sa inyo? Talaga bang normal ang mga kaugnayan mo sa iba? Sa anong pundasyon nakatatag ang mga ito? Ilang pilosopiya sa pamumuhay ang nasa iyong kalooban? Naiwaksi mo na ba ang mga ito? Kung hindi lubos na makabaling sa Diyos ang puso mo, hindi ka sa Diyos—nagmula ka kay Satanas, sa huli ay babalik ka kay Satanas, at hindi ka karapat-dapat na maging isa sa mga tao ng Diyos. Kailangan mong maingat na suriin ang mga bagay na ito.

Ang Normal na Espirituwal na Buhay ay Inaakay ang mga Tao Patungo sa Tamang Landas

Napakaliit na bahagi pa lamang ng landas ng isang mananampalataya sa Diyos ang nalakad ninyo, at hindi pa kayo nakakapasok sa tamang landas, kaya malayo pa rin kayo sa pagtugon sa pamantayan ng Diyos. Sa ngayon, ang inyong tayog ay hindi sapat upang matugunan ang Kanyang mga hinihingi. Dahil sa inyong kakayahan at tiwaling kalikasan, palagi kayong padalus-dalos sa pagtrato sa gawain ng Diyos; hindi ninyo ito sineseryoso. Ito ang pinakamalaking pagkukulang ninyo. Siguradong walang sinumang makatitiyak sa landas na tinatahak ng Banal na Espiritu; hindi ito nauunawaan ng

karamihan sa inyo at hindi ninyo ito nakikita nang malinaw. Bukod pa rito, hindi iniisip ng karamihan sa inyo ang bagay na ito, lalong hindi ninyo ito sineseryoso. Kung patuloy ninyong gagawin ito, ang mabuhay nang walang alam tungkol sa gawain ng Banal na Espiritu, ang landas na inyong tinatahak bilang isang mananampalataya sa Diyos ay mawawalan ng saysay. Ito ay dahil hindi ninyo ginagawa ang lahat ng kaya ninyo upang hangaring matugunan ang kalooban ng Diyos at dahil hindi kayo nakikipagtulungan nang husto sa Diyos. Hindi ito dahil sa hindi ka pa nagawaan ng Diyos, o hindi ka pa naantig ng Banal na Espiritu. Ito ay dahil masyado kang walang ingat kaya hindi mo sineseryoso ang gawain ng Banal na Espiritu. Dapat mong baligtarin kaagad ang sitwasyong ito at tahakin ang landas kung saan inaakay ng Banal na Espiritu ang mga tao. Ito ang pangunahing paksa para ngayon. “Ang landas kung saan inaakay ng Banal na Espiritu” ay tumutukoy sa pagtatamo ng kaliwanagan sa espiritu; pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa salita ng Diyos; pagtatamo ng kalinawan sa landas na hinaharap; pagkakaroon ng kakayahang makapasok nang paisa-isang hakbang sa katotohanan; at pagkakaroon ng higit na kaalaman tungkol sa Diyos. Ang landas kung saan inaakay ng Banal na Espiritu ang mga tao una sa lahat ay isang landas na patungo sa mas malinaw na pagkaunawa sa salita ng Diyos, nang malaya sa mga paglihis at maling pagkaintindi, at yaong mga tumatahak dito ay tumatahak nang tuwid dito. Upang maisagawa ito kailangan ninyong gumawa nang kasundo ang Diyos, maghanap ng isang tamang landas sa pagsasagawa, at tahakin ang landas kung saan umaakay ang Banal na Espiritu. Kailangan dito ang pakikipagtulungan sa panig ng tao: ibig sabihin, kung ano ang kailangan ninyong gawin upang matugunan ang mga kinakailangan ng Diyos sa inyo, at kung paano kayo kailangang kumilos upang makapasok sa tamang landas ng paniniwala sa Diyos.

Maaaring tila kumplikado ang pagtahak sa landas kung saan umaakay ang Banal na Espiritu, ngunit mas madadalalan ka rito kapag ang landas ng pagsasagawa ay malinaw sa iyo. Ang katotohanan ay na may kakayahan ang mga tao na gawing lahat ang hinihiling ng Diyos sa kanila—hindi naman Niya sinusubukang turuang lumipad ang mga baboy. Sa lahat ng sitwasyon, hangad ng Diyos na lutasin ang mga problema ng mga tao at ayusin ang kanilang mga alalahanin. Kailangang maunawaan ninyong lahat ito; huwag magkamali ng pag-unawa sa Diyos. Ginagabayan ang mga tao ayon sa salita ng Diyos sa landas na tinatahak ng Banal na Espiritu. Gaya ng binanggit noong una, kailangan ninyong ibigay ang inyong puso sa Diyos. Kailangan ito para makatahak sa landas kung saan umaakay ang Banal na Espiritu. Kailangan ninyong gawin ito upang makapasok sa tamang landas. Paano sadyang ginagawa ng isang tao ang gawaing ibigay ang kanilang puso sa Diyos? Sa inyong pang-araw-araw na buhay, kapag nararanasan ninyo ang gawain ng Diyos at nananalangin kayo sa Kanya, ginagawa ninyo ito nang padalus-dalos—nananalangin kayo sa Diyos habang kayo ay gumagawa. Matatawag ba itong pagbibigay ng inyong puso sa Diyos? Nag-iisip kayo tungkol sa mga bagay sa bahay o usapin ng laman; palagi kayong nagdadalawang-isip. Maituturing ba itong pagpayapa sa inyong puso sa presensya ng Diyos? Ito ay dahil ang puso mo ay

palaging nakatutok sa panlabas na mga usapin, at hindi ka nakakabalik sa harap ng Diyos. Kung nais mong tunay na maging payapa ang puso mo sa harap ng Diyos, kailangan mong gawin ang gawain ng sadyang pakikipagtulungan. Ibig sabihin, bawat isa sa inyo ay dapat gumugol ng panahon para sa inyong mga debosyon, isang panahon na maisasantabi ninyo ang mga tao, pangyayari, at bagay; panatagin ang inyong puso at patahimikin ang sarili ninyo sa harap ng Diyos. Lahat ay kailangang magkaroon ng indibiduwal na mga tala ng debosyon, na itinatala ang kanilang kaalaman tungkol sa salita ng Diyos at kung paano naaantig ang kanilang espiritu, malalim man ang mga iyon o mababaw; lahat ay kailangang sadyang payapain ang kanilang puso sa harap ng Diyos. Kung makapaglalaan ka ng isa o dalawang oras bawat araw sa tunay na espirituwal na buhay, madarama mo na ang buhay mo sa araw na iyon ay pinagyaman at ang puso mo ay magiging maningning at maaliwalas. Kung ipinamumuhay mo ang ganitong uri ng espirituwal na buhay araw-araw, mas magiging pag-aaring muli ng Diyos ang puso mo, ang iyong espiritu ay lalakas nang lalakas, ang iyong kondisyon ay patuloy na bubuti, mas makakaya mong tumahak sa landas kung saan umaakay ang Banal na Espiritu, at pagkakalooban ka ng Diyos ng mas maraming pagpapala. Ang layunin ng inyong espirituwal na buhay ay upang sadyang matamo ang presensya ng Banal na Espiritu. Hindi ito upang sumunod sa mga patakaran o magsagawa ng mga ritwal na pangrelihiyon, kundi upang tunay na kumilos na kasama ng Diyos, upang tunay na disiplinahan ang inyong katawan—ito ang dapat gawin ng tao, kaya dapat ninyong gawin ito nang buong pagsisikap. Kapag higit na pakikipagtulungan at higit na pagsisikap ang iyong inilalaan, mas makakabalik ang puso mo sa Diyos at mas mapapatahimik mo ang puso mo sa Kanyang harapan. Darating ang panahon na lubos na matatamo ng Diyos ang puso mo. Walang sinumang makakaimpluwensya o makakabihag sa puso mo, at ganap kang maaangkin ng Diyos. Kung tatahakin mo ang landas na ito, ibubunyag ng salita ng Diyos ang sarili nito sa iyo sa lahat ng pagkakataon at liliwanagan ka tungkol sa lahat ng bagay na hindi mo nauunawaan—makakamtan ang lahat ng ito sa pamamagitan ng iyong pakikipagtulungan. Kaya nga palaging sinasabi ng Diyos, “Lahat ng kumikilos na kasama Ko, gagantimpalaan Ko nang doble.” Kailangan ninyong makita nang malinaw ang landas na ito. Kung nais ninyong tumahak sa tamang landas, kailangan ninyong gawin ang lahat ng inyong makakaya upang mapalugod ang Diyos. Kailangan ninyong gawin ang lahat ng inyong makakaya upang magtamo ng espirituwal na buhay. Sa simula, maaaring hindi mo makamtan ang magagandang resulta sa pagsisikap na ito, ngunit huwag mong tulutan ang iyong sarili na umurong o malublob sa pagkanegatibo—kailangang manatili kang masipag! Kapag mas espirituwal ang buhay mo, mas sasakupin ng mga salita ng Diyos ang puso mo, lagi kang mababahala sa mga bagay na ito, at lagi mong dadalhin ang pasaning ito. Pagkatapos niyon, ibunyag mo sa Diyos ang katotohanan sa iyong kalooban sa pamamagitan ng iyong espirituwal na buhay; sabihin sa Kanya kung ano ang handa kang gawin, kung ano ang iniisip mo, ang iyong pagkaunawa at pananaw tungkol sa Kanyang salita. Huwag kang magtago

ng anuman, ni katiting! Magsanay sa pagsasabi ng mga salitang nasa puso mo at paghahayag ng totoong damdamin mo sa Diyos; kung nasa puso mo iyon, humayo ka at sabihin mo iyon. Kapag mas nagsalita ka sa ganitong paraan, mas madarama mo ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos, at mas mapalapit sa Diyos ang puso mo. Kapag nangyari ito, madarama mo na mas mahal mo ang Diyos kaysa kaninuman. Lalagi ka sa tabi ng Diyos, anuman ang mangyari. Kung isasagawa mo ang ganitong klaseng espirituwal na debosyonal sa araw-araw at hindi mo ito iwawaglit sa iyong isipan, kundi ituturing itong napakahalaga sa iyong buhay, sasakupin ng salita ng Diyos ang puso mo. Ito ang kahulugan ng maantig ng Banal na Espiritu. Parang ang puso mo ay palaging angkin ng Diyos, para bang palaging nasa puso mo ang iyong minamahal. Walang sinumang makakaagaw nito mula sa iyo. Kapag nangyari ito, tunay na mananahan ang Diyos sa iyong kalooban at magkakaroon ng puwang sa puso mo.

Ang mga Pangako sa Yaong mga Nagawang Perpekto

Ano ang landas kung saan ginagawang perpekto ng Diyos ang tao? Anong mga aspeto ang kasama nito? Handa ka bang gawing perpekto ng Diyos? Handa ka bang tanggapin ang paghatol at pagkastigo Niya? Ano ang nalalaman mo sa mga katanungang ito? Kung wala kang kaalamang maipahahayag, patunay itong hindi mo pa rin alam ang gawain ng Diyos, na hindi ka pa niliwanagan ng Banal na Espiritu. Imposibleng gawing perpekto ang ganitong mga tao. Binibigyan lamang sila ng kaunting biyaya upang panandaliang matamasa, at hindi ito magtatagal. Hindi magagawang perpekto ng Diyos ang mga tao kung nagtatamasa lamang sila ng Kanyang biyaya. Nasisiyahan ang ilan kapag may kapayapaan at kasiyahan ang laman nila, kapag madali at walang kagipitan o kasawian ang buhay nila, kapag namumuhay ang buong pamilya nila nang nagkakaisa, nang walang pagtatalo o sigalot—at maaari pang paniwalaan nilang pagpapala ito ng Diyos. Sa katotohanan, biyaya lamang ito ng Diyos. Hindi kayo dapat masiyahan sa pagtamasa lamang ng biyaya ng Diyos. Masyadong mababa ang ganitong pag-iisip. Kahit na araw-araw mong binabasa ang mga salita ng Diyos, at araw-araw kang nananalangin, at nakararamdam ang espiritu mo ng labis na kasiyahan at talagang payapa, kung sa huli ay wala ka nang masasabi sa kaalaman mo sa Diyos at sa gawain Niya, at walang naranasan, at kahit na gaano man karaming salita ng Diyos ang nakain at nainom mo na, kung espirituwal na kapayapaan at kasiyahan lamang ang nararamdaman mo, at na matamis na walang kaparis ang salita ng Diyos, na para bang hindi mo ito matatamasa nang sapat, ngunit wala kang kahit na ano pa mang praktikal na karanasan sa mga salita ng Diyos at ganap na salat sa realidad ng mga salita Niya, ano ang makakamit mo mula sa ganitong pananampalataya sa Diyos? Kung hindi mo kayang isabuhay ang pinakadiwa ng mga salita ng Diyos, ang pagkain at pag-inom mo ng mga salitang ito at ang mga panalangin mo ay walang iba kundi relihiyosong

paniniwala. Hindi magagawang perpekto at hindi makakamit ng Diyos ang ganitong mga tao. Ang mga taong nakakamit ng Diyos ay yaong mga taong hinahangad na matamo ang katotohanan. Ang nakakamit ng Diyos ay hindi ang laman ng tao, hindi ang mga bagay na pagmamay-ari niya, kundi ang bahagi ng loob niya na pagmamay-ari ng Diyos. Kaya naman, kapag ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao, hindi ang laman nila ang ginagawa Niyang perpekto, kundi ang mga puso nila, na hinahayaang makamit ng Diyos ang mga puso nila; na ang ibig sabihin, ang pagpeperpekto ng Diyos sa tao, sa pinakadiwa, ay ang pagpeperpekto ng Diyos sa puso ng tao upang makabaling ang pusong ito sa Diyos at upang mahalin Siya nito.

Laman at dugo ang katawan ng tao. Walang silbi para sa Diyos ang pagkamit ng laman ng tao, sapagkat ang laman ng tao ay isang bagay na hindi maiiwasang mabulok at hindi makatatanggap ng pamana o ng mga pagpapala Niya. Kung nakamtan ang laman ng tao, at ang laman ng tao lamang ang nasa daloy, bagaman sa turing ay nasa daloy ang tao, ang puso niya ay magiging pag-aari ni Satanas. Yamang ganito, hindi lamang hindi magagawa ng mga tao na maging paghahayag ng Diyos, kundi sila ay magiging pasanin din Niya, at ang pagpili ng Diyos ng mga tao sa gayon ay magiging walang katuturan. Yaong mga balak gawing perpekto ng Diyos ay makatatanggap lahat ng mga pagpapala Niya at ng pamana Niya. Iyon ay, isasalooob nila kung anong mayroon at kung ano ang Diyos upang ito ay maging kung ano ang nasa kalooban nila; pinanday sa loob nila ang lahat ng salita ng Diyos; anuman ang Diyos, nagagawa ninyong tanggapin ang lahat ng ito nang eksakto, at sa gayon ay naisasabuhay ang katotohanan. Ito ang uri ng taong ginagawang perpekto ng Diyos at nakakamit ng Diyos. Ang ganitong tao lamang ang may karapatang tumanggap ng mga pagpapalang ipinagkakaloob ng Diyos:

1. Pagkakamit ng kabuuan ng pagmamahal ng Diyos.
2. Pagkilos alinsunod sa kalooban ng Diyos sa lahat ng bagay.
3. Pagkakamit ng gabay ng Diyos, pamumuhay sa liwanag ng Diyos, at pagkakamit ng kaliwanagan ng Diyos.
4. Pagsasabuhay sa lupa ng larawang mahal ng Diyos; pagmamahal nang tunay sa Diyos gaya ng ginawa ni Pedro, na ipinako sa krus para sa Diyos at karapat-dapat na mamatay bilang kabayaran sa pagmamahal ng Diyos; pagkakaroon ng kaparehong kaluwalhatian gaya ni Pedro.
5. Pagiging minamahal, iginagalang, at hinahangaan ng lahat ng tao sa lupa.
6. Pananaig sa lahat ng aspeto ng pagkagapos sa kamatayan at Hades, hindi pagbibigay ng pagkakataong gawin ni Satanas ang gawain nito, pagiging naangkin ng Diyos, pamumuhay sa loob ng isang sariwa at masiglang espiritu, at hindi pagsasawa.
7. Pagkakaroon ng di-mailarawang pagkaramdam ng tuwa at kasabikan sa lahat ng oras sa buong buhay, na para bang napagmasdan ang pagdating ng araw ng kaluwalhatian ng Diyos.

8. Pagwawagi ng kaluwalhatian kasama ng Diyos at pagkakaroon ng isang anyong kahawig ng mga banal na minamahal ng Diyos.
9. Pagiging yaong minamahal ng Diyos sa lupa, iyon ay, isang sinisintang anak na lalaki ng Diyos.
10. Pagbabagong-anyo at pag-akyat sa ikatlong langit kasama ang Diyos at paglampas sa laman.

Tanging ang mga tao lamang na maaaring magmana ng mga pagpapala ng Diyos ang ginagawang perpekto at nakakamit ng Diyos. May nakamit ka na bang kahit ano sa kasalukuyan? Hanggang saan ka ginawang perpekto ng Diyos? Hindi ginagawang perpekto ng Diyos ang tao nang walang tiyak na layunin; may kondisyon ang pagpeperpekto Niya sa tao, at may malinaw at makikitang mga bunga. Hindi ito, tulad ng iniisip ng tao, na hanggang may pananampalataya siya sa Diyos, magagawa siyang perpekto at makakamit ng Diyos, at makatatanggap siya sa lupa ng mga pagpapala at pamana ng Diyos. Lubhang napakahirap ang ganitong mga bagay—lalo na ang pagbabago sa anyo ng mga tao. Sa kasalukuyan, ang pangunahing dapat ninyong hangarin ay ang gawin kayong perpekto ng Diyos sa lahat ng bagay, at gawing perpekto ng Diyos sa pamamagitan ng lahat ng tao, usapin, at bagay na hinaharap ninyo, upang higit pa sa kung ano ang Diyos ay mapapanday sa loob ninyo. Kailangan mo munang tanggapin ang pamana ng Diyos sa lupa; saka ka lamang magkakaroon ng karapatang magmana ng mas marami, at mas higit pang, mga pagpapala mula sa Diyos. Ito ang lahat ng bagay na dapat ninyong hangarin, at na dapat muna ninyong unawain bago ang lahat. Kapag mas hinahangad mong magawang perpekto ng Diyos sa lahat ng bagay, mas magagawa mong makita ang kamay ng Diyos sa lahat ng bagay, at bunga nito ay, sa pamamagitan ng iba't ibang pananaw at sa iba't ibang usapin, aktibo mong hahangarin na makapasok sa katauhan ng salita ng Diyos at makapasok sa realidad ng salita Niya. Hindi ka maaaring masiyahan sa mga balintiyak na kalagayan gaya ng hindi lamang gumagawa ng kasalanan, o walang mga kuru-kuro, walang pilosopiya sa pamumuhay, at walang pantaong kalooban. Ginagawang perpekto ng Diyos ang tao sa napakaraming paraan; sa lahat ng bagay ay may posibilidad na magawang perpekto, at magagawa ka Niyang perpekto hindi lamang sa positibong mga paraan kundi pati sa negatibong mga paraan, upang gawing mas masagana ang makakamit mo. Bawat isang araw ay may mga pagkakataong magawang perpekto at dahilang makamtan ng Diyos. Matapos maranasan ang ganito nang maikling panahon, lubos kang mababago, at likas na maiintindihan mo ang maraming bagay na dati ay hindi mo alam. Hindi na kakailanganin ang tagubilin mula sa iba; lingid sa kaalaman mo, liliwanagan ka ng Diyos, upang makatanggap ka ng kaliwanagan sa lahat ng bagay at makapasok sa lahat ng karanasan mo nang detalyado. Tiyak na gagabayan ka ng Diyos upang hindi ka gumawi sa kaliwa o sa kanan, at sa gayon tatapak ka sa landas ng pagpeperpekto Niya.

Ang pagiging ginagawang perpekto ng Diyos ay hindi maaaring limitahan sa pagiging perpekto sa pamamagitan ng pagkain at pag-inom ng salita ng Diyos. Ang

ganitong pagdanas ay magiging masyadong may kinikilingan, masyadong kaunti ang magiging kasama rito, at maaari lamang nitong higpitan ang mga tao sa isang napakaliit na saklaw. Yamang ganito, labis na magkukulang ang mga tao sa espirituwal na pampalusog na kinakailangan nila. Kung nais mong gawing perpekto ng Diyos, dapat mong matutuhan kung paano danasin ang lahat ng bagay, at makamit ang kaliwanagan sa lahat ng mangyayari sa inyo. Mabuti man ito o masama, dapat itong magdala ng kapakinabangan sa iyo, at dapat hindi ka gawing negatibo. Anupaman, dapat mong maisaalang-alang ang mga bagay habang nakatayo sa panig ng Diyos, at hindi suriin o aralin ang mga ito mula sa pananaw ng tao (ito ay magiging isang paglihis sa karanasan mo). Kung ganito ka dumanas, mapupuno ang puso mo ng mga pasanin ng buhay mo; palagi kang mamumuhay sa liwanag ng anyo ng Diyos, na hindi madaling malilihis ng landas sa pagsasagawa mo. May magandang kinabukasan ang ganitong mga tao sa hinaharap. Mayroong napakaraming pagkakataong magawang perpekto ng Diyos. Nakasalalay ang lahat ng ito sa kung kayo ay isang taong tunay na nagmamahal sa Diyos at kung taglay ninyo ang kapasyahang gawing perpekto ng Diyos, makamit ng Diyos, at tumanggap ng mga biyaya at pamana Niya. Hindi sapat ang kapasyahan lamang; dapat mayroon kayong malawak na kaalaman, kung hindi, palagi kayong malilihis sa pagsasagawa ninyo. Handa ang Diyos na gawing perpekto ang bawat isa sa inyo. Sa kasalukuyan, bagamat matagal nang tinanggap ng karamihan ng tao ang gawain ng Diyos, nilimitahan nila ang mga sarili nila sa pagpapainit lamang sa biyaya ng Diyos, at handa lamang na hayaan ang Diyos na bigyan sila ng kaunting ginhawa ng laman, subalit ayaw nilang tumanggap ng mas higit pa, at mas matataas, na mga pahayag. Ipinapakita nitong palagi pa ring nasa labas ang puso ng tao. Bagamat ang gawain ng tao, ang paglilingkod niya, at ang puso ng pagmamahal niya para sa Diyos ay may mas kaunting karumihan, kung ang panloob na diwa niya at ang pauraing pag-iisip niya ang pag-uusapan, palagi pa ring hinahangad ng tao ang kapayapaan at kasiyahan ng laman, at walang pakialam sa kung anu-ano ang mga kondisyon at mga layunin ng Diyos para sa pagpeperpekto sa tao. Kaya naman, masagwa at nabubulok pa rin ang buhay ng karamihan ng tao. Hindi nagbago kahit katiting ang mga buhay nila; sadyang hindi nila itinuturing na isang mahalagang bagay ang pananampalataya sa Diyos, na para bang may pananampalataya lamang sila alang-alang sa iba, kumikilos nang walang pagsisikap at pabayang nakararaos, inaanod sa isang walang-layong pag-iral. Kakaunti lamang yaong mga nagagawang maghangad na makapasok sa salita ng Diyos sa lahat ng bagay, na nagkakamit ng mas higit at mas masasaganang bagay, nagiging mga taong may mas higit na kayamanan sa tahanan ng Diyos ngayon, at tumanggap ng mas higit pang mga pagpapala ng Diyos. Kung hinahangad mong gawing perpekto ng Diyos sa lahat ng bagay, at nagagawang tanggapin ang ipinangako ng Diyos sa lupa, kung hinahangad mong maliwanagan ng Diyos sa lahat ng bagay at hindi hinahayaang lumipas ang mga taon nang nakatunganga, ito ang pinakamainam na landas na aktibong pasukin. Sa ganitong paraan ka lamang magiging karapat-dapat at magkakaroon ng

karapatang gawing perpekto ng Diyos. Tunay ka bang naghahangad na gawing perpekto ng Diyos? Tunay ka bang taimtim sa lahat ng bagay? Mayroon ka bang kaparehong espiritu ng pagmamahal para sa Diyos tulad ng kay Pedro? Mayroon ka bang kaloobang mahalin ang Diyos tulad ng kay Jesus? Nanampalataya ka na kay Jesus sa loob ng maraming taon; nakita mo na ba kung paanong minahal ni Jesus ang Diyos? Tunay bang si Jesus ang pinaniniwalaan mo? Naniniwala ka sa praktikal na Diyos ng ngayon; nakita mo na ba kung paanong minamahal ng praktikal na Diyos sa katawang-tao ang Diyos na nasa langit? Mayroon kang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo; iyon ay dahil sa ang pagkakapako ni Jesus sa krus alang-alang sa pagtubos sa sangkatauhan at ang mga himalang ginawa Niya ay pangkalahatang tinatanggap na mga katotohanan. Subalit hindi nagmumula sa kaalaman at tunay na pagkaunawa kay Jesucristo ang pananampalataya ng tao. Naniniwala ka lamang sa pangalan ni Jesus, ngunit hindi ka naniniwala sa Espiritu Niya, sapagkat hindi ka nagbibigay ng anumang pansin sa kung paanong minahal ni Jesus ang Diyos. Masyadong walang muwang ang pananampalataya mo sa Diyos. Sa kabila ng paniniwala kay Jesus sa loob ng maraming taon, hindi mo alam kung paanong mahalin ang Diyos. Hindi ka ba nito ginagawang ang pinakamalaking hangal sa mundo? Patunay itong sa loob ng maraming taon, kinakain mo ang pagkain ng Panginoong Jesucristo nang walang katuturan. Hindi Ko lamang inaayawan ang ganitong mga tao, nagtitiwala Akong ang Panginoong Jesucristo—na binibigyang pitagan ninyo—ay aayawan din sila. Paano mapeperpekto ang mga taong ganito? Hindi ka ba namumula sa kahihyan? Hindi ka ba nakararamdam ng kahihyan? Mayroon ka pa bang lakas ng loob na harapin ang iyong Panginoong Jesucristo? Nauunawaan ba ninyong lahat ang kahulugan ng sinabi Ko?

Ang Masama ay Tiyak na Parurusahan

Tingnan ninyo ang inyong sarili upang makita kung isinasagawa ninyo ang pagkamatuwid sa lahat ng inyong ginagawa, at kung inoobserbahan ng Diyos ang lahat ng pagkilos ninyo: Ito ang prinsipyo na ginagamit ng mga naniniwala sa Diyos sa paggawa ng kanilang mga gawain. Tatawagin kayong matuwid dahil napalulugod ninyo ang Diyos, at dahil tinatanggap ninyo ang pag-aalaga at proteksyon ng Diyos. Sa paningin ng Diyos, lahat ng tumatanggap ng Kanyang pag-aalaga, proteksyon, at pagpeperpekto, at ang mga nakamit Niya, ay mga matuwid, at tinitingnan Niya silang lahat nang may pagtatangi. Mas tinatanggap ninyo ang mga kasalukuyang salita ng Diyos, mas magagawa ninyong tanggapin at unawain ang kalooban ng Diyos, at kaya mas maisasabuhay ninyo ang mga salita ng Diyos at matutugunan ang Kanyang mga kinakailangan. Ito ang tagubilin ng Diyos para sa inyo, at kung ano ang dapat ninyong lahat na makamtan. Kung ginagamit ninyo ang mga sarili ninyong kuru-kuro upang sukatin at limitahan ang Diyos, na parang ang Diyos ay isang di-nababagong estatuwa

na gawa sa luwad, at kung ganap na nililimitahan ninyo ang Diyos sa loob ng Bibliya at inilalagay Siya sa isang limitadong saklaw ng gawain, ito ay nagpapatunay na hinatulan na ninyo ang Diyos. Dahil, sa kanilang mga puso, itinuring ng mga Hudyo sa kapanahunan ng Lumang Tipan ang Diyos bilang isang idolo na hindi nagbabago ang anyo, na para bang ang Diyos ay matatawag lamang na Mesiyas, at tanging Siya lamang na tinawag na Mesiyas ang Diyos, at dahil pinaglingkuran at sinamba ng sangkatauhan ang Diyos na para bang Siya ay isang (walang-buhay na) estatuwang gawa sa luwad, ipinako nila ang Jesus ng panahong iyon sa krus, hinahatulan Siya ng kamatayan—ang walang-kasalanang Jesus ay sa gayon hinatulan ng kamatayan. Walang nagawang krimen ang Diyos, ngunit tumanggi ang tao na patawarin Siya, at nagpumilit na hatulan Siya ng kamatayan, at sa gayon, ipinako si Jesus sa krus. Laging naniniwala ang tao na di-nagbabago ang Diyos, at binibigyang-kahulugan Siya base lamang sa iisang aklat, ang Bibliya, na tila ba may perpektong pagkaunawa ang tao sa pamamahala ng Diyos, na tila ba ang lahat ng mga ginagawa ng Diyos ay nasa mga kamay na ng tao. Ang mga tao ay talaga namang katawa-tawa, sukdulan ang pagmamataas, at lahat sila ay mahilig sa eksaherasyon. Gaano man kadakila ang kaalaman mo sa Diyos, sinasabi Ko pa rin na hindi mo kilala ang Diyos, na ikaw ay isa na pinakatumututol sa Diyos, at na hinatulan mo ang Diyos, dahil lubos kang walang kakayahang sundin ang gawain ng Diyos at lumalakad sa landas ng paggawang perpekto ng Diyos. Bakit hindi kailanman nasisiyahan ang Diyos sa mga pagkilos ng tao? Sapagka't hindi kilala ng tao ang Diyos, sapagka't napakarami niyang kuru-kuro, at sapagka't ang kanyang kaalaman sa Diyos ay hindi sumasang-ayon sa anumang paraan sa realidad, ngunit sa halip ay inuulit-ulit lang ang parehong tema nang walang pagbabago at ginagamit ang parehong paraan sa bawat sitwasyon. Kaya, yamang naparito sa lupa ngayon, ang Diyos ay minsan pang ipinako ng tao sa krus. Malupit na sangkatauhan! Ang pakikipagsabwatan at intriga, ang pag-aagawan at paghahablutan sa isa't isa, ang pagkukumahog para sa reputasyon at kayamanan, ang pagpapatayan—kailan ba ito matatapos? Bagama't nakapagsalita na ang Diyos ng daang-libong mga salita, walang isa man ang natatauhan. Ang mga tao ay kumikilos para sa kapakanan ng kanilang mga pamilya, mga anak na lalaki at babae, para sa kanilang mga propesyon, inaasahan, katayuan, karangyaan, at kayamanan, para sa pagkain, damit, at sa laman. Ngunit mayroon bang sinuman na ang mga pagkilos ay talagang para sa kapakanan ng Diyos? Kahit sa gitna ng mga kumikilos para sa Diyos, kaunti lamang ang nakakakilala sa Diyos. Ilan ang hindi kumikilos para sa kapakanan ng kanilang sariling mga interes? Ilan ang hindi nang-aapi at nagtatakwil ng iba para sa pagpapanatili ng kanilang sariling katayuan? Kaya, ang Diyos ay sapilitang hinatulan na ng kamatayan nang hindi mabilang na beses, at di-mabilang na mababangis na hukom ang humatol na sa Diyos at minsan pang ipinako Siya sa krus. Gaano karami ang natatawag na matuwid dahil talagang kumikilos sila para sa kapakanan ng Diyos?

Ganoon ba kadaling magawang perpekto sa harap ng Diyos gaya ng isang banal o

isang taong matuwid? Isang katotohanan na “walang matuwid sa ibabaw nitong lupa, ang mga matuwid ay wala rito sa mundo.” Kapag haharap kayo sa Diyos, isaalang-alang ninyo ang inyong kasuotan, ang inyong bawa’t salita at pagkilos, ang lahat ng inyong mga iniisip at mga ideya, maging ang mga pangarap na pinapangarap ninyo araw-araw—lahat ng mga iyon ay para sa inyong sariling kapakanan. Hindi ba ito ang totoong kalagayan ng mga bagay-bagay? Ang “pagkamatuwid” ay hindi nangangahulugang pagbibigay ng limos sa iba, ito ay hindi nangangahulugan ng pag-ibig mo sa iyong kapwa gaya ng sa iyong sarili, at hindi ito nangangahulugan ng pag-iwas sa pag-aaway at pagtatalo o pagnanakaw at pag-uumit. Ang pagkamatuwid ay nangangahulugan na tinatanggap mo ang atas ng Diyos bilang iyong tungkulin at sinusunod ang mga pagsasaayos ng Diyos bilang isang tungkulin mula sa langit, kailan man o saan man, tulad lamang ng lahat ng ginawa ng Panginoong Jesus. Ito ang pagkamatuwid na sinabi ng Diyos. Maaaring tawaging matuwid si Lot dahil iniligtas niya ang dalawang anghel na isinugo ng Diyos nang hindi alintana kung ano ang natamo niya o nawala sa kanya; masasabi lamang na ang ginawa niya sa panahong iyon ay matatawag na matuwid, ngunit hindi siya matatawag na taong matuwid. Dahil lamang nakita ni Lot ang Diyos kung kaya ibinigay niya ang kanyang dalawang anak na babae kapalit ng mga anghel, ngunit hindi lahat ng kanyang pag-uugali noong nakaraan ay kumatawan sa pagkamatuwid. Kaya sinasabi Ko na “walang matuwid sa ibabaw nitong lupa.” Kahit sa kalagitnaan ng mga nasa daloy ng pagbuti, walang sinuman ang matatawag na matuwid. Gaano man kahusay ang iyong mga pagkilos, kahit gaano mo ipinakikitang niluluwalhati mo ang pangalan ng Diyos, hindi sinasaktan ni sinusumpa ang iba, o nagnanakaw o nang-uumit sa iba, hindi ka pa rin matatawag na matuwid, dahil ang gayong mga bagay ay maaangkin ng sinumang normal na tao. Ngayon, ang mahalaga ay hindi mo kilala ang Diyos. Masasabi lamang na sa ngayon ay mayroon kang maliit na normal na pagkatao, subali’t ikaw ay salat sa pagkamatuwid na sinalita ng Diyos, kung kaya wala sa mga ginagawa mo ang makapagpapatunay na kilala mo ang Diyos.

Dati, nang ang Diyos ay nasa langit, basta-basta lang kumilos ang tao. Ngayon, nakasama na ng Diyos ang tao—kung gaano katagal ay walang nakaaalam—ngunit basta pa rin gumagawa lamang ang tao para sa Diyos, at sinusubukang linlangin Siya. Hindi ba sukdulang paurong ang pag-iisip ng tao? Pareho ito kay Hudas: Bago dumating si Jesus, nagsasabi na ng mga kasinungalingan si Hudas sa kanyang mga kapatid na lalaki at babae, at kahit matapos dumating si Jesus ay hindi pa rin nagbago si Hudas; wala siya kahit katiting na pagkakilala kay Jesus, at sa huli ipinagkanulo niya si Jesus. Hindi ba ito dahil hindi niya kilala ang Diyos? Kung, sa ngayon, hindi pa rin ninyo kilala ang Diyos, kung gayon posible na maging isa na naman kayong Hudas, at sunod dito ang trahedya ng pagkapako ni Jesus sa krus sa Kapanahunan ng Biyaya, dalawang libong taon na ang nakaraan, ay muling mangyayari. Hindi ba kayo naniniwala rito? Ito ay isang katunayan! Sa ngayon, ang karamihan ng tao ay nasa parehong kalagayan—maaaring sinasabiito nang medyo masyadong maaga—at ang gayong mga tao ay mga karakter

na gumaganap sa papel ni Hudas. Hindi nagsasalita nang mababaw, kundi ayon sa katunayan—at ikaw ay mapapaniwala. Kahit maraming tao ang nagkukunwaring mapagpakumbaba, sa kanilang mga puso ay walang iba kundi di-umaagos na tubig, at kanal ng mabahong tubig. Sa ngayon, sobrang daming ganito sa mga iglesia, at iniisip ninyo na ganap na hindialam ito? Ngayon, ang Aking Espiritu ang nagpapasya para sa Akin, at nagpapatotoo sa Akin. Iniisip mo ba na wala Akong alam? Iniisip mo bang wala Akong naiintindihan sa mapanlinlang na kaisipan sa inyong mga puso, ang mga bagay na nakatago sa inyong mga puso? Ang Diyos ba ay napakadaling malinlang? Iniisip mo ba na matratrato mo Siya sa anumang paraan na iyong naisin? Sa nakaraan, nag-alala Ako na baka malimitahan kayo, kaya't patuloy na nagbigay Ako sa inyo ng kalayaan, ngunit ang sangkatauhan ay hindi magawang matanto na Ako ay nagiging mabuti sa kanila, at nang binigyan Ko sila ng isang pulgada kumuha sila ng isang yarda. Tanungin ninyo ang isa't isa: Hindi Ako nakitungo sa halos kahit kanino, at halos kailanman ay hindi kaagad-agad pinagagalitan ang sinuman—gayong napakalinaw Ko sa lahat ng motibo at mga kuru-kuro ng tao. Iniisip mo ba na ang Diyos Mismo, kung kanino nagpapatotoo nagpatototoo ang Diyos, ay isang hangal? Kung gayon nga, sinasabi Kong ikaw ay lubhang bulag! Hindi kita ilalantad, ngunit tingnan lang natin kung gaano ka magiging tiwali. Tingnan natin kung kaya kang iligtas ng mga panlalansi mo, o kung maililigtas ka ng iyong pinakamahusay na pagtatangka na mahalín ang Diyos. Sa ngayon, hindi kita hahatulan; hintayin nating dumating ang panahon ng Diyos upang makita kung paano ang Kanyang pagganti sa iyo. Wala Akong oras para sa walangkabuluhang pakikipag-usap sa iyo sa ngayon, at ayaw kong patagalin ang Aking lalong dakilang gawain para sa iyong kapakanan. Ang isang uod na tulad mo ay hindi karapat-dapat sa panahon na kakailanganin ng Diyos para pakitunguhan ka—kaya tingnan natin kung paano ka magpalayaw sa iyong sarili. Ang ganitong mga tao ay hindi naghahabol ng kahit katiting na pagkakilala sa Diyos, at wala sila ni katiting na pag-ibig sa Diyos, at nagnanais pa rin silang matawag na matuwid ng Diyos—hindi ba ito isang biro? Sapagka't talagang kaunti lamang ang bilang ng mga tao na tapat, ang iintindihin Ko ay walang iba kundi ang pagpapatuloy sa pagbibigay-buhay sa tao. Tatapusin Ko lamang ang nararapat tapusin ngayon, ngunit sa hinaharap, ang kagantihan ay ipapataw Ko sa bawa't tao alinsunod sa kanyang nagawa. Nasabi Ko na ang lahat ng nararapat Kong sabihin, sapagka't sapagkat ito ang mismong gawain na Aking ginagawa Aking gawain. Ginagawa Ko lang ang nararapat Kong gawin, at hindi ang hindi Ko dapat gawin. Gayunpaman, umaasa Akong maglalaan kayo ng higit pang panahon sa pagbubulay-bulay: Gaano karami sa mga kaalaman mo sa Diyos ang talagang totoo? Isa ka ba sa mga yaon na muling nagpapako sa Diyos sa krus? Sa huli, sinasabi Ko ito: Sa aba nilang mga nagpapako sa Diyos sa krus.

Paano Pumasok sa Normal na Kalagayan

Kapag lalong tinatanggap ng mga tao ang mga salita ng Diyos, lalo silang naliliwanagan, at lalo silang nagugutom at nauuhaw sa pagsisikap na makilala nila ang Diyos. Tanging ang mga yaong tumatanggap sa mga salita ng Diyos ang may kakayahang magkaroon ng mas mayaman at mas malalim na mga karanasan, at sila lamang yaong ang mga buhay ay maaaring patuloy na lumago na tulad ng mga bulaklak ng linga. Lahat ng naghahangad ng buhay ay dapat itong ituring bilang kanilang full-time na trabaho; dapat nilang maramdaman na “kung walang Diyos, hindi ako mabubuhay; kung walang Diyos, wala akong magagawa; kung walang Diyos, lahat ng bagay ay hungkag.” Kaya, dapat din silang magdesisyon na “kung wala ang presensya ng Banal na Espiritu, wala akong gagawin, at kung walang epekto ang pagbabasa ng mga salita ng Diyos, wala akong interes na gawin ang anumang bagay.” Huwag kayong magpakasasa sa inyong mga sarili. Ang mga karanasan sa buhay ay nagmumula sa kaliwanagan at paggabay ng Diyos, at ang mga ito ang nagpapalinaw sa inyong mga pansariling pagsusumikap. Ang dapat ninyong hingiin sa inyong sarili ay ito: “Pagdating sa karanasan sa buhay, hindi ako dapat maging maluwag sa sarili ko.”

Kung minsan, kapag nasa abnormal na mga kondisyon, nawawala sa iyo ang presensya ng Diyos, at hindi mo nadarama ang Diyos kapag nagdarasal ka. Normal ang matakot sa gayong mga pagkakataon. Dapat ay agad-agad kang magsimulang maghanap. Kung hindi, hihiwalay sa iyo ang Diyos, at mawawala sa iyo ang presensya ng Banal na Espiritu—at, higit pa ryan, ang gawain ng Banal na Espiritu—sa loob ng isang araw, dalawang araw, maging isang buwan o dalawang buwan. Sa mga sitwasyong ito, nagiging napakamanhid mo at muli kang nabibihag ni Satanas, hanggang sa makaya mo nang gawin ang kung anu-ano. Nag-iimbot ka ng kayamanan, nililinlang mo ang iyong mga kapatid, nanonood ka ng mga pelikula at video, naglalaro ka ng madyong, at naninigarilyo at umiinom ka pa ng alak nang walang disiplina. Napalayo na ang iyong puso sa Diyos, lihim kang tumahak sa iyong sariling daan, at walang-habas mong hinusgahan ang gawain ng Diyos. Sa ilang pagkakataon, nagpapakababa ang mga tao kaya wala silang nadaramang hiya o kahihiyan sa paggawa ng mga kasalanang sekswal. Ang ganitong uri ng tao ay itinakwil na ng Banal na Espiritu; sa katunayan, matagal nang wala ang gawain ng Banal na Espiritu sa gayong tao. Nakikita lamang sila na lalong nagiging tiwali habang lalo pa silang nagiging masama. Sa huli, ikinakaila nila na nabubuhay sila sa ganitong paraan, at nabibihag sila ni Satanas habang sila ay nagkakasala. Kapag natuklasan mo na mayroon ka lamang presensya ng Banal na Espiritu, subalit wala sa iyo ang gawain ng Banal na Espiritu, mapanganib nang pumasok sa sitwasyong ito. Kung hindi mo man lang madama ang presensya ng Banal na Espiritu, nasa bingit ka na ng kamatayan. Kung hindi ka magsisisi, lubusan ka nang nakabalik kay Satanas, at mapapabilang ka sa mga inaalís. Kaya, kapag natuklasan mo na ikaw ay nasa isang kalagayan kung saan

mayroon lamang presensya ng Banal na Espiritu (hindi ka nagkakasala, pinipigilan mo ang iyong sarili, at wala kang ginagawang lantarang paglaban sa Diyos) ngunit wala sa iyo ang gawain ng Banal na Espiritu (hindi ka naaantig kapag nagdarasal ka, wala kang natatamong malinaw na kaliwanagan o pagpapalinaw kapag kumakain at umiinom ka ng mga salita ng Diyos, wala kang interes sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, kailanma’y walang anumang paglago sa buhay mo, at matagal ka nang nawalan ng matinding pagpapalinaw)—sa gayong mga pagkakataon, kailangan mong maging mas maingat. Hindi ka dapat magpakasasa sa iyong sarili, hindi ka na dapat maging maluwag sa iyong sariling pag-uugali. Maaaring maglaho ang presensya ng Banal na Espiritu anumang oras. Ito ang dahilan kaya lubhang mapanganib ang gayong sitwasyon. Kung masusumpungan mo ang iyong sarili sa ganitong uri ng kalagayan, subukang baligtarin ang sitwasyon sa lalong madaling panahon. Una, dapat kang magdasal ng isang panalangin ng pagsisisi at hilingin mo na minsan ka pang kaawaan ng Diyos. Manalangin nang mas taimtim at payapain ang iyong puso upang higit na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos. Sa pundasyong ito, dapat kang gumugol ng mas maraming oras sa pananalangin; pag-ibayuhin pa ang iyong mga pagsisikap sa pag-awit, pagdarasal, pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, at pagganap sa iyong tungkulin. Kapag hinang-hina ka na, napakadaling maangkin ni Satanas ang puso mo. Kapag nangyari iyon, naagaw ang puso mo mula sa Diyos at bumabalik kay Satanas, kung saan wala sa iyo ang presensya ng Banal na Espiritu. Sa gayong mga pagkakataon, doble ang hrap na matamong muli ang gawain ng Banal na Espiritu. Mas mainam na hangarin ang gawain ng Banal na Espiritu habang kapiling mo pa Siya, na magpapahintulot sa Diyos na ipagkaloob ang higit pa Niyang kaliwanagan sa iyo at hindi ka Niya pabaya. Ang pagdarasal, pag-awit ng mga himno, paglilingkod sa iyong tungkulin, at pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos—lahat ng ito ay ginagawa upang mawalan ng pagkakataon si Satanas na gawin ang gawain nito, upang makagawa ang Banal na Espiritu sa iyong kalooban. Kung hindi mo natatamong muli ang gawain ng Banal na Espiritu sa ganitong paraan, kung maghihintay ka lamang, ang pagtatamong muli ng gawain ng Banal na Espiritu ay hindi magiging madali kapag naiwala mo na ang presensya ng Banal na Espiritu, maliban kung partikular kang naantig ng Banal na Espiritu, o lalo kang pinagliwanag at niliwanagan. Magkagayunman, hindi lamang inaabot ng isa o dalawang araw para makabawi sa iyong kalagayan; kung minsan maaaring lumipas ang anim na buwan nang hindi ka nakakabawi. Lahat ng ito ay dahil masyadong maluwag ang mga tao sa kanilang sarili, walang kakayahang maranasan ang mga bagay sa isang normal na paraan at sa gayon ay pinababayaan sila ng Banal na Espiritu. Kahit muli mo ngang matamo ang gawain ng Banal na Espiritu, maaaring hindi pa rin lubhang malinaw sa iyo ang kasalukuyang gawain ng Diyos, sapagkat napag-iwanan ka na sa iyong karanasan sa buhay, na tila ba naiwan ka nang sampung libong milya. Hindi ba ito isang teribleng bagay? Gayunman, sinasabi ko sa gayong mga tao na hindi pa huli ang lahat para magsisi ngayon, subalit may isang

kondisyon: Dapat kang mas magpakasipag pa, at hindi magpakasasa sa katamaran. Kung nagdarasal ang ibang mga tao nang limang beses sa isang araw, dapat kang magdasal nang sampung beses; kung kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos ang ibang mga tao sa loob ng dalawang oras sa isang araw, dapat mong gawin iyon sa loob ng apat o anim na oras; at kung nakikinig ang ibang mga tao sa mga himno sa loob ng dalawang oras, dapat kang makinig sa loob ng kalahating araw man lang. Madalas na pumayapa sa harap ng Diyos at isipin ang pag-ibig ng Diyos, hanggang sa ikaw ay maantig, bumalik ang iyong puso sa Diyos, at hindi ka na mangahas na mapalayo sa Diyos—saka lamang magkakaroon ng bunga ang iyong pagsasagawa; saka mo lamang mababawi ang iyong dati at normal na kalagayan.

Lubhang masigasig ang ilang tao sa kanilang pagsisikap subalit nabibigong tumahak sa tamang landas. Ito ay dahil labis silang pabaya at hindi nila pinapansin ang mga espirituwal na bagay. Wala silang ideya kung paano maranasan ang mga salita ng Diyos, at hindi nila alam kung ano ang gawain at presensya ng Banal na Espiritu. Ang gayong mga tao ay masigasig ngunit hangal; hindi sila naghahangad ng buhay. Iyon ay dahil wala ka ni katiting na kaalaman tungkol sa Espiritu, wala kang alam hinggil sa pag-unlad sa kasalukuyang gawain ng Banal na Espiritu, at wala kang alam hinggil sa kalagayan sa loob ng iyong sariling espiritu. Hindi ba kauri ng pananampalataya ng isang hangal ang pananampalataya ng gayong mga tao? Ang pagsisikap ng gayong mga tao ay walang ibinubunga sa huli. Ang susi sa paglago sa buhay sa pananampalataya sa Diyos ng isang tao ay ang pagkaalam kung anong gawain ang ginagawa ng Diyos sa iyong karanasan, pagkakita sa pagiging kaibig-ibig ng Diyos, at pag-unawa sa kalooban ng Diyos, nang sa gayon ay umayon ka sa lahat ng pagsasaayos ng Diyos, mahubog ka ng mga salita ng Diyos upang ang mga ito ay maging buhay mo, at sa gayon ay masiyahan ang Diyos. Kung ang iyong pananampalataya ay isang hangal na pananampalataya, kung hindi ka nakikinig sa mga espirituwal na bagay at sa mga pagbabago sa iyong disposisyon sa buhay, kung hindi ka nagsusumikap na matamo ang katotohanan, mauunawaan mo ba ang kalooban ng Diyos? Kung hindi mo nauunawaan kung ano ang hinihingi ng Diyos, wala kang magiging kakayahang dumanas, at sa gayon ay hindi ka magkakaroon ng paraan ng pagsasagawa. Ang dapat mong bigyang-pansin habang nararanasan mo ang mga salita ng Diyos ay ang epektong ibinubunga ng mga ito sa iyo, nang sa gayon ay makilala mo ang Diyos mula sa Kanyang mga salita. Kung marunong ka lang magbasa ng mga salita ng Diyos, subalit hindi mo alam kung paano maranasan ang mga ito, hindi ba ipinapakita nito na wala kang alam tungkol sa mga espirituwal na bagay? Ngayon mismo, karamihan sa mga tao ay walang kakayahang maranasan ang mga salita ng Diyos, at sa gayon ay hindi nila nalalaman ang gawain ng Diyos. Hindi ba sila bigo sa kanilang pagsasagawa? Kung magpapatuloy sila nang ganito, kailan nila makakayang maranasan ang mga bagay sa kanilang mayamang kapuspusan at makamit ang paglago sa kanilang buhay? Hindi ba ito katumbas lamang ng hungkag na pananalita? Marami sa inyo ang nakatuon sa teorya,

na walang nalalaman hinggil sa mga espirituwal na bagay, gayunman ay nagnanais pa ring magkaroon ng malaking silbi sa Diyos at mapagpala ng Diyos. Lubos na di-makatotohanan ito! Kaya, dapat na ninyong wakasan ang kabiguang ito, nang sa gayon ay makapasok kayong lahat sa tamang landas sa inyong mga espirituwal na buhay, magkaroon kayo ng mga tunay na karanasan, at tunay na makapasok sa realidad ng mga salita ng Diyos.

Paano Maglingkod na Kaayon ng Kalooban ng Diyos

Kapag naniniwala ang isang tao sa Diyos, paano ba niya talaga Siya dapat paglingkuran? Anong mga kondisyon ang dapat matupad at anong mga katotohanan ang dapat maunawaan ng mga naglilingkod sa Diyos? At saan kayo maaaring lumilihis sa inyong paglilingkod? Dapat ninyong malaman ang mga sagot sa lahat ng bagay na ito. Ang mga isyung ito ay tungkol sa kung paano kayo nananalig sa Diyos, at kung paano ninyo tinatahak ang landas na pinapatnubayan ng Banal na Espiritu at kung paano kayo nagpapasakop sa mga pangangasiwa ng Diyos sa lahat ng bagay, sa gayo'y tinutulutan kayong maunawaan ang bawa't hakbang ng gawain ng Diyos sa inyo. Kapag naabot na ninyo ang puntong iyon, pahahalagahan ninyo kung ano ang pananampalataya sa Diyos, kung paano manampalataya nang wasto sa Diyos, at kung ano ang dapat ninyong gawin upang kumilos na kaayon ng kalooban ng Diyos. Gagawin kayo nitong ganap at lubos na masunurin sa gawain ng Diyos; hindi kayo magrereklamo at hindi ninyo hahatulan, o susuriin, at lalong hindi sasaliksikin ang gawain ng Diyos. Dahil dito, magagawa ninyong lahat na sumunod sa Diyos hanggang kamatayan, hinahayaan ang Diyos na patnubayan kayo at katayin kayo na parang isang tupa, upang kayong lahat ay maaaring maging mga Pedro ng dekada '90, at maaaring magmahal sa Diyos hanggang sa kasukdulan kahit sa krus, nang walang kahit kaunting reklamo. Saka lamang kayo makapamumuhay bilang mga Pedro ng dekada '90.

Ang lahat ng nakapagpasya na ay maaaring maglingkod sa Diyos—subalit kailangan na iyong mga masusing pinangangalagaan lamang ang kalooban ng Diyos at nauunawaan ang kalooban ng Diyos ang mga karapat-dapat at may karapatang maglingkod sa Diyos. Natuklasan Ko na ito sa inyo: Maraming tao ang naniniwala na hangga't sila ay masigasig na nagpapalaganap ng ebanghelyo para sa Diyos, humahayo para sa Diyos, gumugugol ng kanilang mga sarili at isinusuko ang mga bagay-bagay para sa Diyos, at iba pa, ito ay paglilingkod sa Diyos. Mas marami pang relihiyosong tao ang naniniwalang ang paglilingkod sa Diyos ay nangangahulugan ng pagbibitbit ng Bibliya habang paroo't parito, pagpapalaganap ng ebanghelyo ng kaharian ng langit at pagliligtas sa mga tao sa pamamagitan ng panghihikayat sa kanila na magsisi at magtapat. Marami ring opisyal ng relihiyon ang nag-iisip na ang paglilingkod sa Diyos ay binubuo ng pangangaral sa mga kapilya matapos makakuha ng mataas na edukasyon at magsanay sa seminaryo,

at pagtuturo sa mga tao sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga kasulatan ng Bibliya. Higit pa rito, may mga tao sa naghihirap na mga rehiyon na naniniwalang ang paglilingkod sa Diyos ay nangangahulugang pagpapagaling sa maysakit at pagpapalayas ng mga demonyo sa kanilang mga kapatid o pananalangin para sa kanila, o paglilingkod sa kanila. Sa gitna ninyo, marami ang naniniwala na ang paglilingkod sa Diyos ay nangangahulugan ng pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, pananalangin sa Diyos araw-araw, pati na ang pagbisita at paggawa ng mga gawain sa mga iglesia saanman. May ibang mga kapatid na naniniwala na ang paglilingkod sa Diyos ay nangangahulugan ng hindi pag-aasawa kailanman o pagkakaroon ng pamilya at paglalaan ng kanilang buong sarili sa Diyos. Ngunit ilang tao ang nakakaalam kung ano talaga ang kahulugan ng paglilingkod sa Diyos. Bagaman ang mga naglilingkod sa Diyos ay kasingdami ng mga bituin sa kalangitan, ang bilang ng mga direktang makapaglilingkod, at mga may kakayahang maglingkod ayon sa kalooban ng Diyos, ay kakaunti—hamak na kakaunti. Bakit Ko sinasabi ito? Sinasabi Ko ito dahil hindi ninyo naiintindihan ang diwa ng pariralang “paglilingkod sa Diyos,” at kakaunti ang nauunawaan ninyo sa kung paano maglingkod ayon sa kalooban ng Diyos. May agarang pangangailangan na maunawaan ng mga tao kung anong uri talaga ng paglilingkod sa Diyos ang maaaring maging kaayon ng Kanyang kalooban.

Kung nais ninyong maglingkod ayon sa kalooban ng Diyos, kailangan muna ninyong maunawaan kung anong klaseng mga tao ang nakalulugod sa Diyos, kung anong uri ng mga tao ang kinamumuhian ng Diyos, kung anong uri ng mga tao ang ginagawang perpekto ng Diyos, at kung anong uri ng mga tao ang karapat-dapat na maglingkod sa Diyos. Kahit ang kaalamang ito man lamang ay dapat na masangkapan kayo. Dagdag pa rito, dapat ninyong malaman ang mga mithiin ng gawain ng Diyos, at ang gawain na gagawin ng Diyos ngayon mismo. Matapos unawain ito, at sa pamamagitan ng patnubay ng mga salita ng Diyos, dapat muna kayong magkaroon ng pagpasok, at tumanggap muna ng atas ng Diyos. Kapag nagkaroon na kayo ng aktwal na karanasan sa mga salita ng Diyos, at kapag tunay na ninyong nalalaman ang gawain ng Diyos, kayo ay magiging karapat-dapat na maglingkod sa Diyos. At kapag kayo ay naglilingkod sa Kanya, binubuksan ng Diyos ang inyong espirituwal na mga mata, at tinutulutan kayong magkaroon ng higit na pagkaunawa sa Kanyang gawain at mas malinaw itong makita. Kapag pumasok ka sa realidad na ito, ang iyong mga karanasan ay magiging mas malalim at tunay, at ang lahat sa inyo na nagkaroon na ng ganoong mga karanasan ay magagawang lumakad sa mga iglesia at maghandog ng panustos sa inyong mga kapatid, upang ang bawa’t isa sa inyo ay makahuhugot ng lakas sa isa’t isa upang mapunan ang inyong sariling mga kakulangan, at makapagtamo ng mas mayamang kaalaman sa inyong mga espiritu. Matapos makamit ang epektong ito, saka lamang ninyo makakayang maglingkod ayon sa kalooban ng Diyos at magagawang perpekto ng Diyos sa panahon ng inyong pagseserbisyo.

Ang mga naglilingkod sa Diyos ay dapat mga kaniig ng Diyos, dapat ay nakalulugod

sila sa Diyos, at may kakayahan ng sukdulang katapatan sa Diyos. Kumikilos ka man sa pribado o sa harap ng publiko, nagagawa mong makamit ang kagalakan ng Diyos sa harap ng Diyos, nagagawa mong manindigan sa harap ng Diyos, at paano ka man tratuhin ng ibang mga tao, lagi mong tinatahak ang landas na dapat mong tahakin, at masusing pinangangalagaan ang pasanin ng Diyos. Tanging ganitong mga tao ang mga kaniig ng Diyos. Na nagagawa ng mga kaniig ng Diyos na direktang maglingkod sa Kanya ay dahil nabigyan na sila ng dakilang atas ng Diyos at pasanin ng Diyos, nagagawa nilang damahin ang puso ng Diyos bilang kanila, at akuin ang pasanin ng Diyos bilang kanila, at hindi nila isinasaalang-alang ang kanilang mga inaasahan sa hinaharap: Kahit na wala silang mga inaasahan, at hindi sila makikinabang, sila ay palaging maniniwala sa Diyos nang may mapagmahal na puso. At dahil dito, ang ganitong uri ng tao ay kaniig ng Diyos. Ang mga kaniig ng Diyos ay Kanya ring mga pinagkakatiwalaan; ang mga pinagkakatiwalaan lamang ng Diyos ang maaaring makibahagi sa Kanyang pagkabalisa, at sa Kanyang mga saloobin, at bagaman ang kanilang laman ay makirod at mahina, natitiis nila ang kirot at tinatalikdan iyong gustung-gusto nila upang mapasaya ang Diyos. Nagbibigay ang Diyos ng mas maraming pasanin sa gayong mga tao, at kung ano ang nais gawin ng Diyos ay pinatutunayan sa patotoo ng ganoong mga tao. Sa gayon, nakalulugod ang mga taong ito sa Diyos, sila ay mga tagapaglingkod ng Diyos na kaayon ng Kanyang sariling puso, at ang mga tao lamang na tulad nito ang maaaring mamuno kasama ng Diyos. Kapag ikaw ay tunay na naging kaniig ng Diyos ay kung kailan ka talaga mamumuno na kasama ng Diyos.

Nagawa ni Jesus na tapusin ang atas ng Diyos—ang gawain ng pagtubos sa buong sangkatauhan—dahil ibinigay Niya ang masusing pangangalaga sa kalooban ng Diyos, nang walang pansariling mga plano at pagsasaayos. Kaya, ganoon din, Siya ay kaniig ng Diyos—ang Diyos Mismo—na isang bagay na nauunawaan ninyong lahat nang napakaigi. (Ang totoo, Siya ang Diyos Mismo na pinatotohanan ng Diyos. Binabanggit Ko ito rito upang gamitin ang katunayan ni Jesus upang isalarawan ang usapin.) Nagawa Niyang ilagay ang plano ng pamamahala ng Diyos sa pinakasentro, at palaging nanalangin sa Ama sa langit at hinangad ang kalooban ng Ama sa langit. Nanalangin Siya at nagsabi: “Diyos Ama! Ganapin ang Iyong kalooban, at kumilos hindi ayon sa Aking mga kagustuhan kundi ayon sa Iyong plano. Maaaring mahina ang tao, ngunit bakit Ka dapat mag-alala para sa kanya? Paano magiging karapat-dapat ang tao sa Iyong pag-aalala, ang tao na tulad ng isang langgam sa Iyong kamay? Sa Aking puso, nais Ko lamang na tuparin ang Iyong kalooban, at nais Ko na Iyong magawa ang nais Mong gawin sa Akin ayon sa Iyong sariling mga kagustuhan.” Habang nasa daan patungong Jerusalem, si Jesus ay nagdurusa, na para bang isang kutsilyo ang pinipilipit sa Kanyang puso, subalit wala Siya ni bahagya mang intensyon na hindi tuparin ang Kanyang salita; palaging mayroong isang makapangyarihang puwersang humihimok sa Kanya pasulong sa kung saan Siya ipapako sa krus. Sa huli, Siya ay ipinako sa krus at naging wangis ng makasalanang laman, tinatapos ang gawain ng pagtubos sa

sangkatauhan. Nakawala Siya sa mga gapos ng kamatayan at ng Hades. Sa harap Niya, ang mortalidad, impiyerno, at Hades ay nawalan ng kapangyarihan, at nalupig Niya. Siya ay nabuhay sa loob ng tatlumpu't tatlong taon, sa kabuuan nito ay palagi Niyang ginawa ang Kanyang makakaya upang tuparin ang kalooban ng Diyos ayon sa gawain ng Diyos sa panahong iyon, hindi kailanman isinaalang-alang ang Kanyang pansariling pakinabang o kawalan, at palaging inisip ang kalooban ng Diyos Ama. Kaya, matapos na Siya ay nabautismuhan, sinabi ng Diyos: "Ito ang sinisinta Kong Anak, na lubos Kong kinalulugdan." Dahil sa Kanyang serbisyo sa harap ng Diyos na kaayon ng kalooban ng Diyos, inilagay ng Diyos ang mabigat na pasanin ng pagtubos sa buong sangkatauhan sa Kanyang mga balikat at ipinasakatuparan iyon sa Kanya, at Siya ay kuwalipikado at nararapat na tumapos sa mahalagang gawaing ito. Sa kabuuan ng Kanyang buhay, tiniis Niya ang di-masusukat na pagdurusa para sa Diyos, at Siya ay tinukso ni Satanas nang di-mabilang na beses, ngunit hindi Siya kailanman pinanghinaan ng loob. Binigyan Siya ng Diyos ng gayong napakalaking gawain dahil may tiwala ang Diyos sa Kanya, at minamahal Siya, kaya nga personal na sinabi ng Diyos: "Ito ang sinisinta Kong Anak, na lubos Kong kinalulugdan." Sa panahong iyon, si Jesus lamang ang maaaring tumupad sa atas na ito, at ito ay isang praktikal na aspeto ng pagkumpleto ng Diyos sa Kanyang gawain ng pagtubos sa buong sangkatauhan sa Kapanahunan ng Biyaya.

Kung, katulad ni Jesus, nagagawa ninyong masusing pangalagaan ang pasanin ng Diyos, at talikuran ang inyong laman, ipagkakatiwala sa inyo ng Diyos ang Kanyang mahahalagang gawain, upang inyong matugunan ang mga kondisyong kinakailangan sa paglilingkod sa Diyos. Sa gayong mga kalagayan lamang kayo mangangahas magsabi na ginagawa ninyo ang kalooban ng Diyos at tinatapos ang Kanyang atas, at saka lamang kayo mangangahas magsabi na kayo ay tunay na naglilingkod sa Diyos. Kumpara sa halimbawa ni Jesus, nangangahas ka bang sabihin na ikaw ay kaniig ng Diyos? Nangangahas ka bang sabihin na ginagawa mo ang kalooban ng Diyos? Nangangahas ka bang sabihin na ikaw ay tunay na naglilingkod sa Diyos? Ngayon, hindi mo nauunawaan kung paano paglingkuran ang Diyos, ikaw ba ay nangangahas sabihin na kaniig ka ng Diyos? Kung sinasabi mong naglilingkod ka sa Diyos, hindi mo ba Siya nilalapastangan? Pag-isipan ito: Ikaw ba ay naglilingkod sa Diyos, o sa iyong sarili? Naglilingkod ka kay Satanas, ngunit nagmamatigas kang sabihin na naglilingkod ka sa Diyos—sa ganito, hindi mo ba nilalapastangan ang Diyos? Maraming tao sa Aking likuran ang nagnanasa sa mga pakinabang ng katayuan, nagpapakasasa sila sa pagkain, mahilig silang matulog at masusing pinangangalagaan ang laman, palaging natatakot na wala nang pag-asa para sa laman. Hindi nila ginagampanan ang kanilang nararapat na tungkulin sa iglesia, bagkus ay sinasamantala ang iglesia, o kaya ay pinagsasabihan ang kanilang mga kapatid gamit ang Aking mga salita, umaaktong panginoon sa iba mula sa mga posisyon ng awtoridad. Palaging sinasabi ng mga taong ito na ginagawa nila ang kalooban ng Diyos at palaging sinasabi na sila ay mga kaniig ng Diyos—hindi ba ito katawa-tawa? Kung ikaw ay may mga tamang intensyon, ngunit hindi magawang

maglingkod ayon sa kalooban ng Diyos, ikaw ay nagpapakahangal; ngunit kung ang iyong mga intensyon ay hindi tama, at sinasabi mo pa rin na ikaw ay naglilingkod sa Diyos, ikaw ay isang taong sumasalungat sa Diyos, at nararapat kang parusahan ng Diyos! Wala Akong simpatya sa mga ganoong tao! Sa sambahayan ng Diyos, nagsasamantala sila, palaging nagnanasa ng mga kaginhawahan ng laman, at walang pagsasaalang-alang sa mga interes ng Diyos. Palagi nilang hinahanap kung ano ang mabuti para sa kanila, at hindi nila iniintindi ang kalooban ng Diyos. Hindi nila tinatanggap ang pagsusuri ng Espiritu ng Diyos sa anumang ginagawa nila. Palagi nilang minamaniobra at nililintang ang kanilang mga kapatid, at sila'y doble-kara, tulad ng isang soro sa ubasan, palaging nagnanakaw ng mga ubas at tinatapak-tapakan ang ubasan. Maaari bang maging mga kaniig ng Diyos ang gayong mga tao? Ikaw ba ay angkop na tumanggap ng mga pagpapala ng Diyos? Hindi ka umaako ng pasanin para sa iyong buhay at sa iglesia, ikaw ba ay angkop na tumanggap ng atas ng Diyos? Sino ang mangangahas na magtiwala sa isang katulad mo? Kapag ikaw ay naglilingkod nang ganito, maaari bang ipagkatiwala ng Diyos sa iyo ang mas malaking gawain? Hindi ba ito magdudulot ng mga pagkaantala sa gawain?

Sinasabi Ko ito upang inyong malaman kung anong mga kondisyon ang dapat matupad upang maglingkod na kaayon ng kalooban ng Diyos. Kung hindi ninyo ibinigay ang inyong puso sa Diyos, kung hindi ninyo binibigyan ng masusing pangangalaga ang kalooban ng Diyos katulad ni Jesus, hindi kayo mapagkakatiwalaan ng Diyos, at hahatulan ng Diyos sa huli. Marahil ngayon, sa iyong paglilingkod sa Diyos, palagi kang nagkikimkim ng intensyong linlangin ang Diyos at palagi Siyang pinakikitunguhan nang basta-basta. Sa madaling salita, ano't anuman, kung dinadaya mo ang Diyos, malupit na paghatol ang darating sa iyo. Dapat ninyong samantalahin na kakapasok pa lamang ninyo sa tamang landas ng paglilingkod sa Diyos para ibigay muna ang inyong puso sa Diyos, nang walang nahahating katapatan. Ikaw man ay nasa harap ng Diyos, o nasa harap ng ibang tao, ang iyong puso ay dapat laging nakabaling sa Diyos, at dapat determinado kang mahalín ang Diyos katulad ng ginawa ni Jesus. Sa ganitong paraan, gagawin kang perpekto ng Diyos, upang ikaw ay maging tagapaglingkod ng Diyos na kaayon ng Kanyang puso. Kung talagang nais mong magawang perpekto ng Diyos, at upang ang iyong serbisyo ay maging kaayon ng Kanyang kalooban, dapat mong baguhin ang iyong mga dating pananaw tungkol sa pananampalataya sa Diyos, at baguhin ang dating paraan ng iyong paglilingkod sa Diyos, nang sa gayon ay higit ka pang magawang perpekto ng Diyos. Sa ganitong paraan, hindi ka tatalikuran ng Diyos, at katulad ni Pedro, pangungunahan mo ang mga nagmamahal sa Diyos. Kung ikaw ay mananatiling hindi nagsisisi, magiging katulad ng kay Judas ang katapusan mo. Ito ay dapat na maunawaan ng lahat ng naniniwala sa Diyos.

Paano Makikilala ang Realidad

Ang Diyos ay isang praktikal na Diyos: Lahat ng Kanyang gawain ay praktikal, lahat ng salitang binibigkas Niya ay praktikal, at lahat ng katotohanang ipinahahayag Niya ay praktikal. Wala sa Kanyang mga salita ang hungkag, hindi umiiral, at hindi makatwiran. Ngayon, nariyan ang Banal na Espiritu para gabayan ang mga tao sa mga salita ng Diyos. Kung hahangarin ng mga tao ang makapasok sa realidad, kung gayon ay dapat nilang hanapin ang realidad, at kilalanin ang realidad, at pagkatapos ay dapat nilang maranasan ang realidad, at isabuhay ang realidad. Kapag mas nakikilala ng mga tao ang realidad, mas nakikilala nila kung tunay ang mga salita ng iba; kapag mas nakikilala ng mga tao ang realidad, nagiging mas kaunti ang kanilang mga kuru-kuro; kapag mas nararanasan ng mga tao ang realidad, mas nalalaman nila ang mga gawain ng Diyos ng realidad, at nagiging mas madali para sa kanilang kumalas mula sa kanilang mga tiwali at satanikong disposisyon; kapag mas mayroong realidad ang mga tao, mas nakikilala nila ang Diyos at mas kinamumuhian nila ang laman at minamahal ang katotohanan; at kapag mas mayroong realidad ang mga tao, mas malapit na nilang maabot ang mga pamantayan ng mga hinihingi ng Diyos. Ang mga taong nakamit ng Diyos ay nagtataglay ng realidad, nakakakilala ng realidad, at nakakakilala sa mga tunay na gawain ng Diyos sa pamamagitan ng pagdanas ng realidad. Kapag mas nakikipagtulungan ka sa Diyos sa praktikal na paraan at dinidisciplina ang iyong katawan, mas matatamo mo ang gawain ng Banal na Espiritu, mas matatamo mo ang realidad, at mas maliliwanagan ka ng Diyos, at sa ganitong paraan, mas lalaki ang iyong kaalaman sa tunay na mga gawain ng Diyos. Kung nakakapamuhay ka sa kasalukuyang liwanag ng Banal na Espiritu, kung gayon ay mas magiging mas malinaw sa iyo ang kasalukuyang landas tungo sa pagsasagawa, at mas makakaya mong ihiwalay ang iyong sarili mula sa mga relihiyosong kuru-kuro at lumang gawi ng nakaraan. Ngayon, ang realidad ang pinagtutuunan: Kapag mas mayroong realidad ang mga tao, nagiging mas malinaw ang kanilang kaalaman sa katotohanan, at mas lumalaki ang kanilang pagkaunawa sa kalooban ng Diyos. Napapangibabawan ng realidad ang lahat ng titik at mga doktrina, napapangibabawan nito ang lahat ng teorya at kasanayan, at kapag mas pinagtutuunan ng mga tao ang realidad, mas tunay silang umiibig sa Diyos, at nagugutom at nauuhaw sa Kanyang mga salita. Kung lagi kang nakatuon sa realidad, ang iyong pilosopiya sa buhay, mga relihiyosong kuru-kuro, at likas na katangian ay natural lamang na mabubura kasunod ng gawain ng Diyos. Ang mga hindi naghahangad ng realidad, at walang kaalaman sa realidad, ay malamang na maghahangad ng kababalaghan at madali silang malililang. Walang epekto ang Banal na Espiritu sa ganitong mga tao, kung kaya't nakakaramdam sila ng kahungkagan, at na walang kahulugan ang kanilang mga buhay.

Nagkakaroon lamang ng epekto ang Banal na Espiritu sa iyo kapag ikaw ay tunay na nagsasanay, tunay na naghahanap, tunay na nagdarasal, at handang magpakasakit alang-alang sa paghahanap ng katotohanan. Ang mga hindi naghahanap ng katotohanan

ay wala ni anuman kundi mga titik at doktrina, at hungkag na teorya, at ang mga walang katotohanan ay natural na mayroong maraming kuru-kuro tungkol sa Diyos. Hinahangad lamang ng ganitong mga tao na palitan ng Diyos ang kanilang katawang-lupa ng isang katawang espirituwal nang sa gayon ay maaari silang makaakyat sa ikatlong langit. Kayhahangal ng mga taong ito! Lahat ng nagsasabi ng ganitong mga bagay ay walang kaalaman sa Diyos, o sa realidad; hindi maaaring makipagtulungan sa Diyos ang ganitong mga tao, at maaari lamang maghintay nang walang ginagawa. Upang maunawaan ng mga tao ang katotohanan, at malinaw na makita ang katotohanan, at higit pa rito, upang makapasok sila sa katotohanan at maisagawa ito, dapat silang tunay na magsanay, tunay na maghanap, at tunay na magutom at mauhaw. Kapag nagugutom at nauuhaw ka, at kapag tunay kang nakikipagtulungan sa Diyos, ang Espiritu ng Diyos ay tiyak na aantig sa iyo at magkaka-epekto sa kalooban mo, na siyang magdadala sa iyo ng higit na kaliwanagan, at magbibigay sa iyo ng higit na kaalaman sa realidad, at magiging mas malaking tulong sa iyong buhay.

Kung nais ng mga tao na makilala ang Diyos, dapat muna nilang malaman na ang Diyos ay isang praktikal na Diyos, at dapat nilang malaman ang mga salita ng Diyos, ang praktikal na pagpapakita ng Diyos sa katawang-tao, at ang praktikal na gawain ng Diyos. Magagawa mo lamang na tunay na makipagtulungan sa Diyos kapag iyo nang nalaman na ang lahat ng gawain ng Diyos ay praktikal, at sa pagtahak ng landas na ito mo lamang matatamo ang paglago sa iyong buhay. Lahat ng taong walang kaalaman sa realidad ay walang paraan upang maranasan ang mga salita ng Diyos, nabitag ng kanilang mga kuru-kuro, at namumuhay sa kanilang guni-guni, kaya wala silang kaalaman sa mga salita ng Diyos. Kapag mas malaki ang kaalaman mo tungkol sa realidad, mas malapit ka sa Diyos, at mas palagay ang loob mo sa Kanya; kapag mas hinahangad mo ang kalabuan, mga bagay na mahirap unawain, at doktrina, mas malalayo ka sa Diyos, at mas mararamdaman mong nakakapagod at mahirap ang pagdanas sa mga salita ng Diyos, at wala kang kakayahang makapasok. Kung nais mong pumasok sa realidad ng mga salita ng Diyos at patungo sa tamang landas ng iyong espirituwal na pamumuhay, dapat mo munang kilalanin ang realidad at ihiwalay ang iyong sarili mula sa mga bagay na malabo at mga kababalaghan, ang ibig sabihin, dapat mo munang maunawaan kung paano tunay na nagbibigay-liwanag at gumagabay ang Banal na Espiritu sa iyong kalooban. Sa ganitong paraan, kung tunay mong nauunawaan ang tunay na gawain ng Banal na Espiritu sa kalooban ng tao, nakapasok ka na sa tamang daan ng pagiging ginawang perpekto ng Diyos.

Ngayon, nagsisimula ang lahat sa realidad. Ang gawain ng Diyos ang pinakatotoo, at mahihipo ng mga tao; iyon ang maaaring maranasan at maisakatuparan ng mga tao. Kayrami ng malabo at kababalaghan sa mga tao, na siyang pumipigil sa kanila na makilala ang kasalukuyang gawain ng Diyos. Kaya palagi silang lumilihis sa kanilang mga karanasan, at palaging nakararamdam na mahirap ang mga bagay, at ang lahat ng ito ay dulot ng kanilang mga kuru-kuro. Hindi kayang maunawaan ng mga tao ang mga

prinsipyo ng gawain ng Banal na Espiritu, at hindi nila kilala ang realidad, kaya lagi silang negatibo sa kanilang landas ng pagpasok. Tinitingnan nila ang mga hinihingi ng Diyos mula sa malayo at hindi naisasakatuparan ang mga iyon; nakikita lamang nilang tunay na mabubuti ang mga salita ng Diyos, ngunit hindi mahanap ang landas upang makapasok. Gumagawa ang Banal na Espiritu batay sa prinsipyong ito: Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng mga tao, sa pamamagitan ng kanilang aktibong pagdarasal, paghahanap at paglapit sa Diyos, matatamo ang mga resulta at maaari silang maliwanagan at matanglawan ng Banal na Espiritu. Hindi totoong kumikilos nang mag-isa ang Banal na Espiritu, o kumikilos ang tao nang mag-isa. Silang dalawa ay lubos na kinakailangan, at kapag mas nakikipagtulungan ang mga tao, at habang mas hinahangad nilang maabot ang mga pamantayan ng mga hinihingi ng Diyos, nagkakaroon ng mas malaking epekto ang Banal na Espiritu. Tanging ang totoong pakikipagtulungan ng mga tao, dagdag sa gawain ng Banal na Espiritu, ang maaaring magbunga ng tunay na mga karanasan at ng kinakailangang kaalaman sa mga salita ng Diyos. Unti-unti, sa pamamagitan ng pagdanas sa ganitong paraan, isang perpektong tao ang maibubunga sa huli. Hindi gumagawa ng mga kababalaghan ang Diyos; sa mga kuru-kuro ng mga tao, ang Diyos ang makapangyarihan sa lahat, at ang lahat ay gawa ng Diyos—na ang bunga ay ang walang-aksiyong paghihintay ng mga tao, hindi pagbabasa ng mga salita ng Diyos o pagdarasal, at paghihintay na lamang sa pag-antig ng Banal na Espiritu. Samantala ang mga may tamang pagkaunawa ay naniniwala rito: Maaari lamang makasulong hanggang sa aking pakikipagtulungan ang mga pagkilos ng Diyos, at nakasalalay sa paraan ng aking pakikipagtulungan ang epekto ng gawain ng Diyos sa aking kalooban. Kapag nagsasalita ang Diyos, dapat kong gawin ang lahat ng aking makakaya upang mahanap at pagsumikapan ang mga salita ng Diyos; ito ang dapat kong maisakatuparan.

Sa mga halimbawa nina Pedro at Pablo, malinaw ninyong makikita na si Pedro ang pinakanagbigay-pansin sa realidad. Batay sa pinagdaanan ni Pedro, makikitang nabuod sa kanyang mga karanasan ang mga aral ng mga nabigo sa nakaraan, kung kaya't nakuha niya ang mga kalakasan ng mga banal ng nakaraan. Maaaring makita mula rito kung gaano katotoo ang mga karanasan ni Pedro, na kaya ng mga tao na abutin, mahawakan, at makamit ang mga karanasang ito. Gayunman, naiiba si Pablo: Lahat ng sinabi niya ay malabo at hindi nakikita, mga bagay na tulad ng pagpunta sa ikatlong langit, pag-akyat sa trono, at korona ng pagkamatuwid. Pinagtuunan niya ang bagay na panlabas: ang katayuan at ang pagsaway sa mga tao, ang pagmamalaki ng kanyang senyoridad, ang pagkaantig ng Banal na Espiritu, at iba pa. Wala sa mga hinangad niya ang tunay, at karamihan doon ay pantasya, kaya makikita na ang lahat ng kababalaghan, gaya ng kung gaano inaantig ng Banal na Espiritu ang mga tao, ang malaking kagalakan na tinatamasa ng mga tao, ang pagpunta sa ikatlong langit, o ang antas ng kanilang pagtatamasa ng kanilang regular na pagsasanay, ang antas ng kanilang pagtatamasa ng mga salita ng Diyos—wala sa mga ito ang tunay. Lahat ng gawain ng Banal na Espiritu ay karaniwan at tunay. Kapag ikaw ay nagbabasa ng mga

salita ng Diyos at nagdarasal, maningning at matatag ka sa loob mo, at hindi ka kayang mapanghimasukan ng panlabas na mundo; sa loob mo, handa kang mahalin ang Diyos, handa kang makisangkot sa mga positibong bagay, at kinamumuhian mo ang masamang mundo. Ito ang pamumuhay sa piling ng Diyos. Hindi ito tulad ng sinasabi ng mga tao na pagdanas ng malaking kaligayahan—hindi praktikal ang gayong pananalita. Ngayon, nagsisimula dapat ang lahat sa realidad. Tunay ang lahat ng ginagawa ng Diyos, at dapat mong pagtuunan ng pansin ang tunay na pagkilala sa Diyos sa iyong mga karanasan, at ang paghahanap sa mga bakas ng gawain ng Diyos at ang mga paraan kung paano inaantig at nililiwanagan ng Banal na Espiritu ang mga tao. Kung kinakain at iniinom mo ang mga salita ng Diyos, at nagdarasal, at nakikipagtulungan ka sa mas totoong paraan, isinasaloob kung ano ang mabuti mula sa mga panahong nagdaan, at tinatanggihan kung ano ang masama tulad ni Pedro, kung nakikinig ka gamit ang iyong mga tainga at nagmamasid gamit ang iyong mga mata, at madalas na nagdarasal at nagninilay sa iyong puso, at ginagawa ang lahat ng makakaya mo upang makipagtulungan sa gawain ng Diyos, tiyak na gagabayan ka ng Diyos.

Hinggil sa Isang Normal na Espirituwal na Buhay

Ang pananampalataya sa Diyos ay nangangailangan ng isang normal na espirituwal na buhay, na siyang pundasyon sa pagdanas ng mga salita ng Diyos at pagpasok sa realidad. Lahat ba ng inyong kasalukuyang pagsasagawa ng mga panalangin, ng paglapit sa Diyos, ng pagkanta ng mga himno, pagpuri, pagmumuni-muni, at pagninilay ng mga salita ng Diyos ay katumbas ng isang “normal na espirituwal na buhay”? Mukhang walang nakakaalam sa inyo. Ang isang normal na espirituwal na buhay ay hindi limitado sa mga pagsasagawang tulad ng pagdarasal, pagkanta ng mga himno, paglahok sa buhay-iglesia, at pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos. Sa halip, kinapapalooban ito ng pamumuhay ng bago at masiglang espirituwal na buhay. Ang mahalaga ay hindi kung paano kayo nagsasagawa, kundi kung ano ang ibinubunga ng inyong pagsasagawa. Naniniwala ang karamihan sa mga tao na ang isang normal na espirituwal na buhay ay kailangang kapalooban ng pagdarasal, pagkanta ng mga himno, pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos o pagninilay sa Kanyang mga salita, mayroon mang tunay na epekto ang gayong mga pagsasagawa o kaya’y humahantong man ang mga ito sa tunay na pagkaunawa. Nakatuon ang mga taong ito sa pagsunod sa mababaw na mga pamamaraan nang hindi iniisip ang magiging resulta ng mga ito; sila ay mga taong nabubuhay sa mga ritwal ng relihiyon, hindi mga taong nabubuhay sa loob ng iglesia, at lalong hindi sila mga tao ng kaharian. Lahat ng kanilang panalangin, pagkanta ng mga himno, at pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos ay puro pagsunod sa panuntunan, na ginagawa dahil napipilitan sila at para makaagapay sa mga kalakaran, hindi dahil sa kahandaan at ni hindi mula sa puso. Gaano man manalangin o

kumanta ang mga taong ito, hindi magkakaroon ng bunga ang kanilang mga pagsisikap, sapagkat ang isinasagawa nila ay mga panuntunan at ritwal lamang ng relihiyon; hindi talaga sila nagsasagawa ng mga salita ng Diyos. Nagtutuon lamang sila sa pagkabahala kung paano sila nagsasagawa, at itinuturing nilang mga panuntunang susundin ang mga salita ng Diyos. Hindi isinasagawa ng gayong mga tao ang mga salita ng Diyos; pinagbibigyan lamang nila ang laman, at gumagawa sila para makita ng ibang mga tao. Lahat ng panuntunan at ritwal na ito ng relihiyon ay tao ang pinagmulan; hindi nagmumula ang mga ito sa Diyos. Ang Diyos ay hindi sumusunod sa mga panuntunan, ni hindi Siya sakop ng anumang batas. Sa halip, gumagawa Siya ng mga bagong bagay araw-araw, nagsasakatuparan ng praktikal na gawain. Gaya ng mga tao sa Three-Self Church, na nililimitahan ang kanilang sarili sa mga pagsasagawa tulad ng pagdalo sa pagsamba sa umaga araw-araw, pag-aalay ng mga panalangin sa gabi at panalangin ng pasasalamat bago kumain, at pasasalamat sa lahat ng bagay—gaano man karami ang kanilang ginagawa at gaano man katagal nila iyon ginagawa, hindi mapapasakanila ang gawain ng Banal na Espiritu. Kapag nabubuhay ang mga tao sa gitna ng mga panuntunan at nakatutok ang kanilang puso sa mga pamamaraan ng pagsasagawa, hindi makakagawa ang Banal na Espiritu, dahil ang kanilang puso ay puno ng mga panuntunan at kuru-kuro ng tao. Sa gayon, hindi nagagawang mamagitan at gumawa ang Diyos sa kanila, at maaari lamang silang patuloy na mabuhay sa ilalim ng kontrol ng mga batas. Ang gayong mga tao ay walang kakayahang tumanggap ng papuri ng Diyos kailanman.

Ang normal na espirituwal na buhay ay isang buhay na ipinamuhay sa harap ng Diyos. Kapag nagdarasal, maaaring patahimikin ng isang tao ang kanyang puso sa harap ng Diyos, at sa pamamagitan ng panalangin, maaari niyang hangarin ang kaliwanagan ng Banal na Espiritu, malaman ang mga salita ng Diyos, at maunawaan ang kalooban ng Diyos. Sa pamamagitan ng pagkain at pag-inom ng Kanyang mga salita, maaaring magkaroon ang mga tao ng mas malinaw at mas lubos na pagkaunawa sa kasalukuyang gawain ng Diyos. Maaari din silang magkaroon ng bagong landas ng pagsasagawa, at hindi sila kakapit sa dati; lahat ng kanilang isinasagawa ay para magkamit ng paglago sa buhay. Tungkol naman sa panalangin, hindi ito tungkol sa pagsambit ng ilang salitang masarap pakinggan o pag-iyak sa harap ng Diyos upang ipakita kung gaano kalaki ang iyong utang na loob; sa halip, ang layunin nito ay upang sanayin ang sarili sa paggamit ng espiritu, na nagtutulot sa kanya na patahimikin ang kanyang puso sa harap ng Diyos, na sanayin ang kanyang sarili na maghangad ng patnubay mula sa mga salita ng Diyos sa lahat ng bagay, para mailapit ang puso niya sa isang sariwa at bagong liwanag bawat araw, at upang hindi siya maging walang-kibo o tamad at makatahak siya sa tamang landas ng pagsasagawa ng mga salita ng Diyos. Karamihan sa mga tao sa panahong ito ay nakatuon sa mga pamamaraan ng pagsasagawa, subalit hindi nila ginagawa iyon para patuloy na sikaping matamo ang katotohanan at magkamit ng paglago sa buhay. Dito na sila naligaw ng landas. Mayroon ding ilan na may kakayahang tumanggap ng bagong liwanag, ngunit hindi nagbabago ang kanilang mga pamamaraan ng pagsasagawa.

Tangay nila ang dati nilang mga relihiyosong kuru-kuro habang umaasa silang tumanggap ng mga salita ng Diyos ngayon, kaya ang tinatanggap nila ay doktrinang may kulay pa rin ng mga relihiyosong kuru-kuro; hindi lamang liwanag ngayon ang kanilang tinatanggap. Dahil dito, may dungis ang kanilang mga pagsasagawa; dati pa ring mga pagsasagawa ang mga iyon gamit ang bagong pabalat. Gaano man kahusay ang kanilang pagsasagawa, mga mapagpaimbabaw sila. Inaakay ng Diyos ang mga tao sa paggawa ng mga bagong bagay araw-araw, na inuutos na bawat araw ay may bago silang mababatid at mauunawaan, at hinihiling na huwag silang maging makaluma at paulit-ulit. Kung naniwala ka na sa Diyos sa loob ng maraming taon, subalit hindi man lang nagbago ang iyong mga pamamaraan ng pagsasagawa, at kung masigasig at abala ka pa rin tungkol sa mga bagay na panlabas, subalit wala kang tahimik na pusong maiharap sa Diyos upang matamasa ang Kanyang mga salita, wala kang mapapala. Pagdating sa pagtanggap sa bagong gawain ng Diyos, kung hindi mo iibahin ang iyong pagpapalano, hindi ka nagsasagawa sa isang bagong paraan, at hindi ka naghahangad ng anumang bagong pagkaunawa, kundi sa halip ay kumakapit ka sa dati mong pagkaunawa at tumatanggap lamang ng kaunting limitadong bagong liwanag, nang hindi binabago ang paraan ng iyong pagsasagawa, ang mga taong katulad mo ay kasama sa daloy na ito sa pangalan lamang; ang totoo, sila ay mga relihiyosong Pariseo sa labas ng daloy ng Banal na Espiritu.

Para makapamuhay ng isang normal na espirituwal na buhay, kailangang makatanggap ng bagong liwanag ang isang tao araw-araw at maghangad ng tunay na pagkaunawa sa mga salita ng Diyos. Kailangan niyang makita nang malinaw ang katotohanan, makatagpo ng isang landas ng pagsasagawa sa lahat ng bagay, makatuklas ng mga bagong katanungan sa pamamagitan ng pagbasa sa mga salita ng Diyos araw-araw, at mapagtanto ang kanyang sariling mga kakulangan para magkaroon siya ng isang pusong nananabik at naghahangad na nagpapakilos sa kanyang buong katauhan, at para maging tahimik siya sa harap ng Diyos sa lahat ng oras, na labis na natatakot na maiwanan. Ang isang taong may gayong pusong nananabik at naghahangad, na handang patuloy na makapasok, ay nasa tamang landas ng espirituwal na buhay. Yaong mga inantig ng Banal na Espiritu, na nais na maging mas mahusay, na handang maghangad na magawang perpekto ng Diyos, na nananabik na maunawaan nang mas malalim ang mga salita ng Diyos, na hindi naghahanap ng mahimala kundi sa halip ay tunay na nagsasakripisyo, na tunay na nagmamalasakit sa kalooban ng Diyos, na talagang nakakapasok upang maging mas tunay at totoo ang kanilang mga karanasan, na hindi naghahanap ng hungkag na mga salita at mga doktrina o naghahangad na madama ang mahimala, na hindi sumasamba sa sinumang kilalang personalidad—ito yaong mga nakapasok sa isang normal na espirituwal na buhay. Lahat ng ginagawa nila ay para magkamit ng higit na paglago sa buhay at mapanariwa at mapasigla ang kanilang espiritu, at lagi silang aktibong nakakapasok. Hindi nila namamalayan, nauunawaan nila ang katotohanan at

nakakapasok sila sa realidad. Yaong mga may normal na espirituwal na buhay ay nakakasumpong ng paglaya at kalayaan ng espiritu bawat araw, at naisasagawa nila ang mga salita ng Diyos sa malayang paraan na nagpapalugod sa Kanya. Para sa mga taong ito, ang pagdarasal ay hindi isang pormalidad o isang pamamaraan; bawat araw, nagagawa nilang umagapay sa bagong liwanag. Halimbawa, sinasanay ng mga tao ang kanilang sarili na patahimikin ang kanilang puso sa harap ng Diyos, at ang kanilang puso ay talagang maaaring maging tahimik sa harap ng Diyos, at walang sinumang makakagambala sa kanila. Walang tao, kaganapan, o bagay na makakapigil sa kanilang normal na espirituwal na buhay. Ang gayong pagsasanay ay nilayong magkaroon ng mga resulta; hindi ito nilayong pasunurin ang mga tao sa mga panuntunan. Ang pagsasagawang ito ay hindi tungkol sa pagsunod sa mga panuntunan, kundi sa halip ay tungkol sa pagtataguyod ng paglago sa buhay ng mga tao. Kung ang tingin mo sa pagsasagawang ito ay mga panuntunan lamang na susundin, hindi magbabago ang iyong buhay kailanman. Maaari kang makisali sa pagsasagawang ito tulad ng iba, ngunit habang nagagawa nilang umagapay sa gawain ng Banal na Espiritu sa huli, inalis ka naman mula sa daloy ng Banal na Espiritu. Hindi mo ba niloloko ang sarili mo? Ang layunin ng mga salitang ito ay para tulutan ang mga tao na patahimikin ang kanilang puso sa harap ng Diyos, para ibaling ang kanilang puso sa Diyos, upang ang gawain ng Diyos sa kanila ay mawalan ng hadlang at magkaroon ng bunga. Noon lamang magiging alinsunod sa kalooban ng Diyos ang mga tao.

Pagtalakay sa Buhay Iglesia at sa Tunay na Buhay

Pakiramdam ng mga tao ay nagagawa lamang nilang magbago sa loob ng buhay-iglesia. Kung wala sila sa loob ng buhay-iglesia, pakiramdam nila ay hindi nila kayang magbago, na para bang hindi maaaring magawa ang pagbabago sa tunay na buhay. Nakikita ba ninyo ang problema rito? Tinalakay ko na dati ang pag-anyaya sa Diyos sa tunay na buhay; sa mga naniniwala sa Diyos, ito ang landas upang makapasok sa realidad ng mga salita ng Diyos. Sa katunayan, ang buhay-iglesia ay isa lamang limitadong paraan upang gawing perpekto ang mga tao. Ang pangunahin pa ring kapaligiran para sa pagperpekto ng mga tao ay ang tunay na buhay. Ito ang aktwal na pagsasagawa at aktwal na pagsasanay na tinalakay ko, na nagtutulot sa mga tao na matamo ang isang buhay na may normal na pagkatao, at isabuhay ang wangis ng isang tunay na tao sa pang-araw-araw na buhay. Sa isang banda, dapat mag-aral ang isang tao upang mapataas ang antas ng kanyang edukasyon, maunawaan ang mga salita ng Diyos, at matamo ang kakayahang makatanggap. Sa kabilang banda, dapat masangkapan ang isang tao ng pangunahing kaalaman na kinakailangan upang mabuhay bilang isang tao upang matamo niya ang kabatiran at katwiran ng normal na

pagkatao, sapagkat kulang na kulang ang mga tao sa mga ito. Bukod pa roon, dapat ding namnamin ng isang tao ang mga salita ng Diyos sa pamamagitan ng buhay-iglesia, at unti-unting magkaroon ng malinaw na pagkaunawa sa katotohanan.

Bakit sinasabi na sa paniniwala sa Diyos, dapat anyayahan ng isang tao ang Diyos sa tunay na buhay? Hindi lamang buhay-iglesia ang nakapagbabago sa mga tao; ang mas mahalaga ay makapasok ang mga tao sa realidad sa tunay na buhay. Palagi ninyong pinag-uusapan noon ang inyong espirituwal na kalagayan at ang mga espirituwal na bagay samantalang ipinagwawalang-bahala ang pagsasagawa ng maraming bagay sa tunay na buhay, at ipinagwawalang-bahala ang pagpasok ninyo sa mga ito. Araw-araw kayong sumulat, araw-araw kayong nakinig, araw-araw kayong nagbasa. Nanalangin pa kayo habang nagluluto: “O, Diyos! Nawa ay Ikaw ang maging buhay sa loob ko. Anumang mangyari ngayong araw, pagpalain Mo po ako at liwanagan. Anuman ang pagliwanagin Mo sa akin ngayong araw, tulutan Mong maunawaan ko ito sa sandaling ito, upang ang Iyong mga salita ay magsilbing aking buhay.” Nanalangin din kayo habang naghahapunan: “O, Diyos! Ipinagkaloob Mo sa amin ang pagkaing ito. Nawa ay pagpalain Mo kami. Amen! Tulutan Mo po kami na mabuhay nang naayon sa Iyo. Nawa ay samahan Mo po kami. Amen!” Pagkatapos ninyong maghahapunan at habang hinuhugasan ang mga pinagkainan, sinimulan ninyong magsalita nang masalita: “O, Diyos, ako ang mangkok na ito. Ginawa kaming tiwali ni Satanas, at tulad lang ng mga mangkok na nagamit na at dapat linisin ng tubig. Ikaw ang tubig, at ang Iyong mga salita ang buhay na tubig na nagtutustos sa aking buhay.” Bago pa ninyo namalayan, oras na para matulog, at muli ninyong inumpisahang magsalita nang magsalita: “O, Diyos! Pinagpala Mo ako at ginabayan ako sa buong maghapon. Ako ay tunay na nagpapasalamat sa Iyo. ...” Ganito ninyo pinalipas ang inyong araw, at pagkatapos ay nakatulog na kayo. Karamihan ng tao ay nabubuhay nang gaya nito araw-araw, at kahit ngayon, nagpapabaya sila sa aktwal na pagpasok, nagtutuon lamang ng pansin sa mapagkunwaring pananalita habang nananalangin. Ito ang buhay nila noon—ang dating buhay nila. At ang karamihan ay ganito; wala silang anumang aktwal na pagsasanay, at kakaunti lamang ang nararanasang tunay na pagbabago. Mapagkunwari lamang silang nagsasalita habang nananalangin, lumalapit sa Diyos sa pamamagitan lamang ng kanilang mga salita, ngunit kulang sila ng kalaliman sa kanilang pagkaunawa. Suriin natin ang pinakasimpleng halimbawa—ang paglilinis ng inyong tahanan. Nakikita ninyo na ang inyong tahanan ay makalat, kaya umuupo kayo roon at nananalangin: “O, Diyos! Masdan Mo ang katiwalian na ginawa ni Satanas sa akin. Ako ay kasing dumi ng tahananang ito. O, Diyos! Tunay Kitang pinupuri at pinasasalamatan. Kung wala ang Iyong pagliligtas at kaliwanagan, hindi ko mapagtatanto ang katotohanang ito.” Umuupo lamang kayo roon at magsasalita nang magsasalita, nananalangin nang matagal, at pagkatapos ay kumikilos kayo na parang walang nangyari, na parang isa kayong matandang babaeng salita nang salita. Pinalilipas ninyo ang inyong espirituwal na buhay sa ganitong paraan nang walang anumang tunay na pagpasok sa realidad, nang may

napakaraming paimbabaw na mga pagsasagawa! Ang pagpasok sa aktwal na pagsasanay ay kinasasangkutan ng tunay na buhay ng mga tao at ng mga praktikal nilang paghihirap—ito lamang ang paraan na nagbabago sila. Kung wala ang tunay na buhay, hindi maaaring magbago ang mga tao. Ano ang saysay ng mapagkunwaring pananalita sa panalangin? Kung walang pagkaunawa sa kalikasan ng mga tao, ang lahat ay pagsasayang ng oras, at kung walang landas sa pagsasagawa, ang lahat ay pagsasayang ng pagsisikap! Makakatulong ang normal na panalangin na mapanatili ng mga tao ang normal na kalagayan ng kanilang kalooban, ngunit hindi sila nito ganap na mababago. Ang pagkaalam sa pagmamagaling, kayabangan, kapalaluan, pagmamataas, at tiwaling disposisyon ng tao—ang kaalaman sa mga bagay na ito ay hindi nakukuha sa panalangin—natutuklasan ang mga ito sa pamamagitan ng pagnamnam sa mga salita ng Diyos, at nakikilala ang mga ito sa pamamagitan ng kaliwanagang dulot ng Banal na Espiritu sa tunay na buhay. Mahusay magsalita ang lahat ng tao sa kasalukuyan, at nakapakinig na sila sa pinakadakilang pangangaral—na mas dakila kaysa iba pa sa lahat ng kapanahunan—ngunit napakakaunti rito ang aktwal na naisasakatuparan sa kanilang tunay na buhay. Ibig sabihin, walang Diyos sa kanilang tunay na buhay; hindi sila nagkaroon ng bagong pagkatao matapos ang pagbabago. Hindi nila isinasabuhay ang katotohanan sa tunay na buhay, at hindi rin nila inaanyayahan ang Diyos sa tunay na buhay. Namumuhay sila na parang mga anak ng impiyerno. Hindi ba ito malinaw na paglihis?

Upang mapanumbalik ang wangis ng isang normal na tao, iyon ay, upang magkaroon ng normal na pagkatao, hindi basta na lamang mapapalugod ng mga tao ang Diyos gamit ang kanilang mga salita. Pinipinsala lamang nila ang kanilang sarili sa paggawa nito, at wala itong dalang pakinabang sa kanilang pagpasok o pagbabago. Samakatuwid, upang matamo ang pagbabago, dapat magsagawa nang paunti-unti ang mga tao. Kailangang pumasok sila nang dahan-dahan, maghanap at magsaliksik nang paunti-unti, pumasok mula sa positibo, at isabuhay ang isang praktikal na buhay ng katotohanan; ang buhay ng isang santo. Pagkatapos noon, tutulutan ng mga tunay na bagay, pangyayari, at kapaligiran ang mga tao na magkaroon ng praktikal na pagsasanay. Hindi kinakailangang magsalita ng mga tao nang mapagkunwari; sa halip, kinakailangan nilang magsanay sa tunay na mga kapaligiran. Nauunawaan muna ng mga tao na mahina ang kanilang kakayahan, at pagkatapos ay normal na nilang kinakain at iniinom ang mga salita ng Diyos, at pumapasok sila at normal ding nagsasagawa; sa paraang ito lamang sila maaaring magtamo ng realidad, at ganito lalong mapapabilis ang pagpasok. Upang mapagbago ang mga tao, dapat magkaroon ng kaunting praktikalidad; dapat silang magsanay sa mga tunay na bagay, pangyayari, at kapaligiran. Maaari bang matamo ang tunay na pagsasanay ng isang tao kung aasa lamang siya sa buhay-iglesia? Makakapasok ba ang mga tao sa realidad sa ganitong paraan? Hindi! Kung hindi makakapasok ang mga tao sa tunay na buhay, hindi rin nila mababago ang dati nilang pamumuhay at mga pamamaraan ng paggawa sa mga bagay-bagay. Hindi ito

dahil lamang sa katamaran ng mga tao at mataas na antas ng pagpapakalinga, sa halip ito ay dahil wala talagang kakayahan ang mga tao para mabuhay, at bukod pa rito, wala silang pagkaunawa sa pamantayan ng Diyos sa wangis ng isang normal na tao. Noon, palaging nag-uusap, nagsasalita, at nagtatalastasan ang mga tao—at sila ay naging “mga mananalumpati” pa nga—ngunit walang sinuman sa kanila ang naghangad ng pagbabago sa disposisyon sa buhay; sa halip, naghanap lamang sila ng malalalim na teorya. Kaya, dapat baguhin ng mga tao ngayon ang ganitong paraan ng mga relihiyon ng paniniwala sa Diyos sa kanilang buhay. Kinakailangan nilang simulan ang pagsasagawa sa pamamagitan ng pagtutuon sa isang pangyayari, isang bagay, isang tao. Dapat nila itong gawin nang may pagtutuon—sa gayon lamang sila magkakamit ng mga resulta. Ang pagbabago ng mga tao ay nagsisimula sa pagbabago ng kanilang diwa. Dapat ituon ang gawain sa diwa ng mga tao, sa kanilang buhay, sa kanilang katamaran, pagpapakalinga, at pagkaalipin—sa ganitong paraan lamang sila maaaring mapagbago.

Bagama’t ang buhay iglesia ay makapagdudulot ng mga resulta sa ilang aspeto, ang pinakamahalaga pa rin ay na maaaring baguhin ng tunay na pamumuhay ang mga tao. Ang dating likas na pagkatao ng isang tao ay hindi mababago kung walang tunay na pamumuhay. Gawin nating halimbawa ang gawain ni Jesus noong Kapanahunan ng Biyaya. Nang buwagin ni Jesus ang naunang mga kautusan at itatag ang mga kautusan ng bagong kapanahunan, nagsalita Siya gamit ang mga aktwal na halimbawa mula sa tunay na pamumuhay. Nang patunguhin ni Jesus ang Kanyang mga disipulo sa taniman ng trigo isang araw ng Sabbath, nagutom ang Kanyang mga disipulo at namitas ng mga butil ng trigo para kainin. Nakita ito ng mga Pariseo at sinabi na hindi nila iginagalang ang Sabbath. Sinabi rin nila na hindi maaaring iligtas ng mga tao ang mga gyang nahulog sa isang hukay sa araw ng Sabbath, sinasabi na hindi maaaring magtrabaho sa araw ng Sabbath. Binanggit ni Jesus ang mga pangyayaring ito upang unti-unting ipahayag ang mga kautusan ng bagong kapanahunan. Sa oras na iyon, gumamit Siya ng maraming praktikal na bagay para matulungan ang mga tao na makaunawa at magbago. Ito ang prinsipyong sinusunod ng Banal na Espiritu sa pagganap sa Kanyang gawain, at ito ang tanging paraan para mapagbago ang mga tao. Kung walang praktikal na mga bagay, maaari lamang magtamo ang mga tao ng teoretikal at intelektuwal na pagkaunawa—hindi ito isang epektibong paraan para magbago. Kaya paano nagkakamit ng karunungan at kabatiran ang isang tao sa pamamagitan ng pagsasanay? Maaari bang magkamit ng karunungan at kabatiran ang mga tao mula lamang sa pakikinig, pagbabasa, at pagpapalago ng kanilang kaalaman? Paano ito maaaring mangyari? Kailangang makaunawa at makaranas ang mga tao sa tunay na pamumuhay! Samakatuwid, kailangang magsanay ng isang tao, at hindi siya maaaring lumihis sa tunay na pamumuhay. Kailangang bigyang-pansin ng mga tao ang iba’t ibang aspeto at makapasok sa iba-ibang aspeto: antas ng edukasyon, pagpapahayag, kakayahang makita ang bagay-bagay, kakayahang makakilala, kakayahang maunawaan ang mga salita ng Diyos, sentido kumon at mga panuntunan ng sangkatauhan, at iba pang mga bagay na may

kaugnayan sa sangkatauhan na kailangang isangkap sa mga tao. Matapos magtamo ng pagkaunawa, kailangang magtuon ang mga tao sa pagpasok, at saka lamang magkakaroon ng pagbabago. Kung nagkamit ng pag-unawa ang isang tao, subalit kinaliligtaan nilang magsagawa, paano magkakaroon ng pagbabago? Sa kasalukuyan, maraming nauunawaan ang mga tao, ngunit hindi nila isinasabuhay ang realidad; samakatuwid, kakaunti ang taglay nilang kinakailangang pagkaunawa sa mga salita ng Diyos. Bahagya ka pa lamang naliwanagan; nakatanggap ka na ng kaunting pagtanglaw mula sa Banal na Espiritu, subalit wala kang pagpasok sa tunay na pamumuhay—o maaaring wala ka man lamang pakialam tungkol sa pagpasok—kaya nabawasan ang iyong pagbabago. Pagkaraan ng napakahabang panahon, marami nang nauunawaan ang mga tao. Nagagawa nilang magsalita nang husto tungkol sa kanilang kaalaman sa mga teorya, ngunit ganoon pa rin ang kanilang panlabas na disposisyon, at ganoon pa rin ang kanilang orihinal na kakayahan, walang pagsulong ni katiting. Kung ganito ang nangyayari, kailan ka talaga makakapasok?

Ang buhay-iglesia ay isang uri lamang ng pamumuhay kung saan ang mga tao ay nagtitipun-tipon upang namnamin ang mga salita ng Diyos, at ito ay bumubuo lamang sa maliit na hibla ng buhay ng tao. Kung ang tunay na pamumuhay ng mga tao ay maaari ring maging katulad ng kanilang buhay-iglesia—kabilang na ang isang normal na espirituwal na buhay, normal na pagtamasa ng mga salita ng Diyos, normal na pagdarasal at pagiging malapit sa Diyos, pamumuhay ng isang tunay na pamumuhay kung saan lahat ay isinasagawa alinsunod sa kalooban ng Diyos, pamumuhay ng isang tunay na pamumuhay kung saan ang lahat ay isinasagawa alinsunod sa katotohanan, pamumuhay ng isang tunay na pamumuhay ng pagsasagawa ng panalangin at pagiging tahimik sa harap ng Diyos, ng pagsasanay na umawit ng mga himno at magsayaw—ito lamang ang klase ng buhay na maghahatid sa kanila sa pamumuhay ng mga salita ng Diyos. Karamihan sa mga tao ay nakatuon lamang sa ilang oras ng kanilang buhay-iglesia nang walang “pag-aalala” sa kanilang buhay maliban sa mga oras na iyon, na para bang hindi nag-aalala sa mga iyon. Maraming tao rin na pumapasok lamang sa buhay ng mga santo kapag kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, umaawit ng mga himno, o nagdarasal, at pagkatapos ay nanunumbalik sila sa dati nilang pag-uugali pagkaraan noon. Hindi mababago ng ganitong pamumuhay ang mga tao, lalo nang hindi nila makikilala ang Diyos dahil dito. Sa paniniwala sa Diyos, kung nais ng mga tao na baguhin ang kanilang disposisyon, hindi nila dapat ihiwalay ang kanilang sarili mula sa tunay na pamumuhay. Sa tunay na pamumuhay, kailangan mong kilalanin ang iyong sarili, talikuran ang iyong sarili, isagawa ang katotohanan, at matutuhan din ang mga prinsipyo, sentido kumon, at mga panuntunan ng sariling pag-uugali sa lahat ng bagay bago mo magawang unti-unting magbago. Kung pagtutuunan mo lamang ang teoretikal na kaalaman at mabubuhay ka lamang sa mga relihiyosong seremonya nang hindi pumapasok nang husto sa realidad, nang hindi pumapasok sa tunay na pamumuhay, hindi mo kailanman mapapasok ang realidad, hindi mo kailanman makikilala ang iyong

sarili, ang katotohanan, o ang Diyos, at magiging bulag at mangmang ka magpakailanman. Ang gawain ng pagliligtas ng Diyos sa mga tao ay hindi upang tulutan silang mamuhay nang normal pagkaraan ng maikling panahon, ni hindi para baguhin ang kanilang mga maling kuru-kuro at doktrina. Sa halip, ang Kanyang layunin ay baguhin ang dati nilang mga disposisyon, baguhin ang kabuuan ng dati nilang paraan ng pamumuhay, at baguhin ang lahat ng makalumang paraan ng kanilang pag-iisip at pananaw. Hindi mababago ng pagtutuon lamang sa buhay-iglesia ang mga dating gawi ng mga tao sa buhay o ang mga pamamaraan ng pamumuhay na nakasanayan nila sa mahabang panahon. Anuman ang mangyari, hindi dapat mahiwalay ang mga tao mula sa tunay na pamumuhay. Hinihiling ng Diyos na mamuhay nang normal bilang tao ang mga tao sa tunay na pamumuhay, hindi lamang sa buhay-iglesia; na isabuhay nila ang katotohanan sa tunay na pamumuhay, hindi lamang sa buhay-iglesia; at na tuparin nila ang kanilang mga tungkulin sa tunay na pamumuhay, hindi lamang sa buhay-iglesia. Upang makapasok sa realidad, kailangang ibaling ng isang tao ang lahat sa tunay na pamumuhay. Kung, sa paniniwala sa Diyos, hindi makilala ng mga tao ang kanilang sarili sa pamamagitan ng pagpasok sa tunay na pamumuhay, at kung hindi sila makapamuhay nang normal bilang tao sa tunay na pamumuhay, mabibigo sila. Ang mga sumusuway sa Diyos ay pawang mga taong hindi makakapasok sa tunay na pamumuhay. Silang lahat ay mga taong nagsasalita tungkol sa pagiging tao, ngunit isinasabuhay ang likas na pagkatao ng mga demonyo. Silang lahat ay mga taong nagsasalita tungkol sa katotohanan, ngunit isinasabuhay naman ang mga doktrina. Ang mga hindi makayang isabuhay ang katotohanan sa tunay na pamumuhay ay ang mga naniniwala sa Diyos, ngunit kinasusuklanan at inaayawan Niya. Kailangan mong isagawa ang iyong pagpasok sa tunay na pamumuhay, alamin ang iyong mga kakulangan, pagsuway, at kamangmangan, at alamin ang iyong abnormal na pagkatao at mga kahinaan. Sa gayong paraan, ang iyong kaalaman ay mapag-iisa sa iyong aktwal na kalagayan at mga paghihirap. Ang klaseng ito lamang ng kaalaman ang tunay at maaaring magtulot sa iyo na tunay na maunawaan ang iyong sariling kalagayan at mabago ang iyong disposisyon.

Ngayong ang pagpeperpekto sa mga tao ay pormal nang nagsimula, kailangan mong pumasok sa tunay na pamumuhay. Samakatuwid, upang magtamo ng pagbabago, kailangan mong magsimula sa pagpasok sa tunay na pamumuhay, at unti-unting magbago. Kung iniwasan mo ang normal na buhay ng tao at magsasalita ka lamang tungkol sa mga espirituwal na bagay, nagiging nakakabagot at walang kuwenta ang mga bagay-bagay; hindi nagiging makatotohanan ang mga ito, at kung gayon ay paano makakapagbago ang mga tao? Ngayon ay sinabihan kang pumasok sa tunay na pamumuhay upang magsagawa, upang magtatag ng isang pundasyon sa pagpasok sa tunay na karanasan. Ito ay isang aspeto ng kailangang gawin ng mga tao. Ang gawain ng Banal na Espiritu higit sa lahat ay gumabay, samantalang ang iba pa ay nakasalalay sa pagsasagawa at pagpasok ng mga tao. Lahat ay maaaring makapasok sa tunay na

pamumuhay sa pamamagitan ng iba't ibang landas, nang sa gayon ay maisama nila ang Diyos sa tunay na pamumuhay, at maisabuhay ang tunay na normal na pagkatao. Ito lamang ang klase ng buhay na may kabuluhan!

Tungkol sa Pagganap ng Bawat Isa sa Kanilang Tungkulin

Sa kasalukuyang daloy, lahat niyaong mga tunay na nagmamahal sa Diyos ay may pagkakataon na magawa Niyang perpekto. Maging sila man ay bata o matanda, basta't pinananatili nila sa kanilang puso ang pagsunod sa Diyos at paggalang sa Kanya, sila ay kaya Niyang gawing perpekto. Ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao ayon sa kanilang iba't ibang mga tungkulin. Basta't ginugugol mo ang lahat ng iyong kalakasan at nagpapasakop sa gawain ng Diyos, ikaw ay magagawa Niyang perpekto. Sa kasalukuyan wala sa inyong perpekto. Kung minsan nagagampanan ninyo ang isang uri ng tungkulin, at sa ibang pagkakataon nagagampanan ninyo ang dalawa. Hangga't ginagawa ninyo ang lahat ng inyong makakaya upang gugulin ang inyong sarili para sa Diyos, sa kahuli-hulihan kayo ay mapeperpekto ng Diyos.

Ang mga kabataan ay may kakaunting pilosopiya para mabuhay, at sila ay kulang sa karunungan at kabatiran. Ang Diyos ay dumating upang gawing perpekto ang karunungan at kabatiran ng tao. Ang salita Niya ay nagpupuno sa kanilang mga kakulangan. Gayunpaman, ang mga disposisyon ng kabataan ay hindi matatag, at dapat mapabagong-anyo ng Diyos. Ang mga kabataan ay may mas kaunting mga relihiyosong kuru-kuro at mas kaunting pilosopiya para mabuhay; sila ay nag-iisip tungkol sa lahat ng bagay sa mga simpleng termino, at ang kanilang mga pagmumuni-muni ay hindi kumplikado. Ito ang bahagi ng kanilang pagkatao na hindi pa nahubog, at ito ay isang kapuri-puring bahagi; subali't ang kabataan ay ignorante at kulang sa karunungan. Ito ay isang bagay na kailangang mapeperpekto ng Diyos. Ang pagperpekto ng Diyos ay magbibigay-kakayahan sa inyo na mapaunlad ang pagkilatis. Makakaya ninyong malinaw na maunawaan ang maraming espirituwal na bagay, at unti-unting maging isang taong nababagay para gamitin ng Diyos. Ang mas matatandang kapatid na lalaki at babae ay mayroon ding kanilang tungkulin na gagampanan, at sila ay hindi iniwan ng Diyos. Ang mas matatandang kapatid na lalaki at babae rin ay may mga kapwa kanais-nais at mga hindi-kanais-nais na aspeto. Sila ay may mas maraming pilosopiya para mabuhay at may mas maraming relihiyosong kuru-kuro. Sa kanilang mga kilos, sila ay kumakapit sa maraming mahigpit na kinasanayan, bilang mahihilig sa mga alituntunin na inilalapat nila nang mekanikal at walang kaluwagan. Ito ay hindi isang kanais-nais na aspeto. Gayunpaman, itong mga nakatatandang kapatid na lalaki at babae ay nananatiling kalmado at matatag anuman ang nangyayari; ang kanilang mga disposisyon ay matatag at sila ay walang mapupusok na damdamin. Maaaring mabagal sila sa pagtanggap ng

mga bagay-bagay, subali't ito ay hindi isang malaking pagkukulang. Hanggang kaya ninyong magpasakop; hangga't kaya ninyong tanggapin ang kasalukuyang mga salita ng Diyos at hindi sinusuri ang mga salita ng Diyos; hangga't ang inyong layon lamang ay pagpapasakop at pagsunod, at hindi nanghuhusga sa mga salita ng Diyos o nagkikimkim ng iba pang mga masamang kaisipan tungkol sa kanila; hangga't inyong tinatanggap ang Kanyang mga salita at isinasagawa ang mga ito—kung gayon, dahil nasusunod ang lahat ng kundisyong ito—kayo ay kayang maperpekto.

Maging kayo man ay mas bata o mas matandang kapatid na lalaki o babae, nalalaman ninyo ang tungkulin na dapat ninyong gampanan. Yaong mga nasa kanilang kabataan ay hindi mapagmataas; yaong mga mas matatanda ay hindi walang-kibo, ni paurong sila. Higit pa, nakakaya nilang gamitin ang lakas ng bawa't isa upang mapunan ang kanilang mga kahinaan, at nagagawa nilang maglingkod sa isa't isa nang walang pagtatangi. Isang tulay ng pagkakaibigan ang nabubuo sa pagitan ng mas bata at mas matandang kapatid na lalaki at babae, at dahil sa pag-ibig ng Diyos nagagawa ninyong mas mabuting maintindihan ang isa't isa. Hindi hinahamak ng mga nakababatang kapatid na lalaki at babae ang mga mas matandang kapatid na lalaki at babae, at ang mga nakatandang kapatid na lalaki at babae ay hindi mapagmagaling: Hindi ba ito isang may pagkakasunduang pagsasama? Kung lahat kayo ay mayroong ganitong paninindigan, kung gayon ang kalooban ng Diyos ay tiyak na matutupad sa inyong henerasyon.

Sa hinaharap, kung ikaw man ay pagpapalain o isusumpa ay pagpapasiyahan batay sa inyong mga kilos at asal ngayon. Kung kayo ay gagawing perpekto ng Diyos, iyon ay tiyak ngayon na, sa panahong ito; hindi na magkakaroon ng iba pang pagkakataon sa hinaharap. Ngayon din, nais talaga kayong gawing perpekto ng Diyos, at ito ay hindi isang paraan ng pagsasalita. Sa hinaharap, kung anumang mga pagsubok ang sumapit sa inyo, anumang mga pangyayari ang maganap, o anumang mga sakuna ang dumating sa inyo, kayo ay nais na gawing perpekto ng Diyos; ito ay isang tiyak at hindi mapagdududahang katunayan. Mula saan ito kayang makita? Nakikita ito sa katunayan na ang salita ng Diyos, sa lahat ng kapanahunan at mga henerasyon, ay hindi kailanman nakarating sa gayong kataas na tugatog na gaya ngayon. Ito ay nakapasok sa pinakamataas na kinasasaklawan, at ang gawain ng Banal na Espiritu sa buong sangkatauhan ngayon ay hindi pa kailanman nangyari. Halos walang sinuman mula sa mga henerasyong lumipas ang nakaranas nito; kahit na sa panahon ni Jesus wala ang mga pahayag ng panahon ngayon. Ang mga salitang sinabi sa inyo, kung ano ang naiintindihan ninyo, at mga bagay na inyong nararanasan ay nakaabot lahat sa isang bagong tugatog. Hindi kayo umaalis sa gitna ng mga pagsubok at mga pagkastigo, at ito ay sapat na upang patunayan na ang gawain ng Diyos ay umabot na sa hindi pa narating na kaluwalhatian. Ito ay hindi isang bagay na kayang gawin ng tao, ni ito ay isang bagay na pinananatili ng tao; nguni't sa halip ito ay gawain ng Diyos Mismo. Kaya, mula sa maraming katotohanan ng gawain ng Diyos makikita na nais gawing perpekto

ng Diyos ang tao, at tiyak na kaya Niya kayong gawing ganap. Kung makaya ninyong makita ito, kung makaya ninyong magkaroon ng bagong pagtuklas na ito, hindi ninyo na hihintayin ang ikalawang pagdating ni Jesus; sa halip, ay hahayaan ninyong gawing ganap kayo ng Diyos sa kasalukuyang panahon. Kaya, nararapat na ang bawa't isa sa inyo ay gawin ang lubos na makakaya at huwag maglimita ng pagpupunyagi upang kayo ay maaaring gawing perpekto ng Diyos.

Sa mga panahong ito hindi mo dapat na pansinin ang mga negatibong bagay. Una, isantabi mo at huwag pansinin ang anumang bagay na nakakapagparamdam sa iyo ng negatibo. Kapag nangangasiwa ka ng mga bagay-bagay, gawin mo ang gayon taglay ang isang puso na naghahanap at nag-aapuhap, isang pusong nagpapasakop sa Diyos. Sa tuwing nakakatuklas kayo ng kahinaan sa loob ninyo nguni't hindi sumasailalim sa kontrol nito at inyong ginagampanan ang tungkulin na dapat ninyong gawin, ito ay isang positibong kilos na pasulong. Halimbawa, ang iyong mga mas matandang kapatid na lalaki at babae ay may mga relihiyosong kuru-kuro, nguni't nakakaya mong manalangin, magpasakop, kumain at uminom ng salita ng Diyos, at kumanta ng mga himno.... Ibig sabihin nito, anuman ang kaya mong gawin, anumang tungkulin ang kaya mong gampanan, ilagay ang iyong lahat-lahat dito nang may buong lakas na maaari mong tipunin. Huwag maghintay nang walang-kibo. Ang mabigyang-kasiyahan ang Diyos sa paggawa ng iyong tungkulin ay ang unang hakbang. Pagkatapos kapag kaya mo nang maintindihan ang katotohanan at pumasok sa realidad ng salita ng Diyos, ikaw ay nagawa nang perpekto ng Diyos.

Tungkol sa Paggamit ng Diyos sa Tao

Walang sinuman ang may kakayahang mamuhay nang mag-isa maliban sa kanila na binigyan ng natatanging tagubilin at paggabay ng Banal na Espiritu, sapagkat kinakailangan nila ang ministryo at pagpapastol nilang mga ginagamit ng Diyos. Kaya, sa bawat kapanahunan nagbabangon ang Diyos ng iba't ibang tao na abalang nagmamadali sa pagpapastol sa mga iglesia para sa kapakanan ng Kanyang gawain. Na ang ibig sabihin, ang gawain ng Diyos ay dapat gampanan sa pamamagitan nilang Kanyang kinalulugdan at sinasang-ayunan; dapat gamitin ng Banal na Espiritu ang bahagi sa loob nila na karapat-dapat gamitin para makagawa ang Banal na Espiritu, at ginagawa silang angkop para gamitin ng Diyos sa pamamagitan ng pagperpekto sa kanila ng Banal na Espiritu. Sapagkat ang kakayahan ng tao na makaunawa ay labis na kapos, dapat siyang maipastol ng mga taong ginagamit ng Diyos; kagaya ito ng paggamit ng Diyos kay Moises, kung kanino Siya nakatagpo ng marami na angkop sa paggamit noong panahong iyon, at na Kanyang ginamit upang gampanan ang gawain ng Diyos sa yugtong iyon. Sa yugtong ito, ginagamit ng Diyos ang isang tao habang sinasamantala ang bahagi niya na maaaring gamitin ng Banal na Espiritu para

makagawa, at ang Banal na Espiritu ay ginagabayan siya at kasabay nito'y ginagawang perpekto ang natitirang bahagi na hindi magagamit.

Ang gawain na isinasakatuparan niyang ginagamit ng Diyos ay ang makipagtulungan sa gawain ni Cristo o ng Banal na Espiritu. Ang taong ito ay itinataas ng Diyos sa gitna ng mga tao, siya ay naroon upang pangunahan ang lahat ng hinirang ng Diyos, at siya ay itinataas din ng Diyos upang gampanan ang gawain ng pagtutulungan ng tao. Kasama ang isang gaya nito, na nagagawang gampanan ang pagtutulungan ng tao, mas marami pa sa mga kinakailangan ng Diyos mula sa tao at sa gawaing kailangang gampanan ng Banal na Espiritu sa gitna ng tao ay matatamo sa pamamagitan niya. Ang isa pang paraan ng pagsasabi nito ay kagaya nito: Ang mithiin ng Diyos sa paggamit sa taong ito ay upang lalong maunawaan ng lahat yaong mga sumusunod sa Diyos ang kalooban ng Diyos, at makamit ang higit pa sa mga kinakailangan ng Diyos. Sapagkat ang mga tao ay walang kakayahan na tuwirang maunawaan ang mga salita ng Diyos o ang kalooban ng Diyos, itinataas ng Diyos ang isang tao na siyang ginagamit upang isakatuparan ang gayong gawain. Ang taong ito na ginagamit ng Diyos ay maaari ring ilarawan bilang isang paraan kung saan ginagabayan ng Diyos ang mga tao, o bilang “tagasalin” na nakikipagtalastasan sa pagitan ng Diyos at ng tao. Kaya’t ang gayong tao ay hindi kagaya ninuman sa kanila na gumagawa sa sambahayan ng Diyos o na Kanyang mga apostol. Kagaya nila, maaaring sabihin na siya ay naglilingkod sa Diyos, ngunit sa diwa ng kanyang gawain at sa likod ng paggamit sa kanya ng Diyos ay malaki ang pagkakaiba niya mula sa ibang mga manggagawa at mga apostol. Kung ang pag-uusapan ay ang diwa ng kanyang gawain at ang nasa likod ng paggamit sa kanya, ang tao na ginagamit ng Diyos ay itinataas Niya, inihahanda siya ng Diyos para sa gawain ng Diyos, at siya ay nakikipagtulungan sa gawain ng Diyos Mismo. Walang sinumang tao ang maaaring gumawa ng kanyang gawain para sa kanya—ito ay pakikipagtulungan ng tao na kailangang-kailangang kaagapay ng banal na gawain. Samantala, ang gawaing isinasakatuparan ng ibang mga manggagawa o mga apostol ay paghahatid at pagsasakatuparan lamang ng maraming aspeto ng mga pagsasaayos para sa mga iglesia sa bawat panahon, o kaya nama’y gawain ng ilang payak na pantustos ng buhay upang mapanatili ang buhay-iglesia. Ang mga manggagawa at mga apostol na ito ay hindi hinirang ng Diyos, lalong hindi sila matatawag na mga ginagamit ng Banal na Espiritu. Sila ay pinipili mula sa mga iglesia at, pagkatapos silang sanayin at linangin sa loob ng ilang panahon, silang mga angkop ay pinananatili, habang iyong mga hindi angkop ay pinababalik kung saan sila nanggaling. Sapagkat ang mga taong ito ay pinili mula sa mga iglesia, ipinakikita ng ilan ang kanilang totoong mga kulay pagkatapos maging mga pinuno, at ang ilan ay gumagawa pa nga ng maraming masasamang bagay at naaalis sa bandang huli. Ang taong ginagamit ng Diyos, sa kabilang dako, ay siyang inihanda ng Diyos, at siyang nagtataglay ng partikular na kakayahan, at mayroong pagkatao. Maaga siyang naihanda at nagawang perpekto ng Banal na Espiritu, at ganap na pinangunahan ng Banal na Espiritu, at, lalo na pagdating sa kanyang gawain, siya

ay tinagubilinan at inutusan ng Banal na Espiritu—bilang resulta, walang paglihis sa landas ng pangunguna sa mga hinirang ng Diyos, sapagkat tiyak na pananagutan ng Diyos ang Kanyang sariling gawain, at ginagawa ng Diyos ang Kanyang sariling gawain sa lahat ng pagkakataon.

Sa Sandaling Maunawaan Ninyo ang Katotohanan, Dapat Ninyo Itong Isagawa

Ang gawain at salita ng Diyos ay naglalayong magsanhi ng pagbabago sa inyong disposisyon; ang Kanyang mithiin ay hindi lamang basta ipaunawa o ipaalam sa inyo ang Kanyang gawain at salita. Hindi iyon sapat. Ikaw ay isang taong may kakayahang umunawa, kaya hindi ka dapat mahirapan sa pag-unawa sa salita ng Diyos, dahil karamihan sa salita ng Diyos ay nakasulat sa wika ng tao, at napakalinaw Niyang magsalita. Halimbawa, kayang-kaya mong malaman ang nais ipaunawa at ipasagawa sa inyo ng Diyos; ito ay isang bagay na dapat kayang gawin ng isang taong may kakayahang umunawa. Sa partikular, ang mga salitang sinasambit ng Diyos sa kasalukuyang yugto ay napakaliwanag at napakalinaw, at itinuturo ng Diyos ang maraming hindi pa naisaalang-alang ng mga tao, gayundin ang lahat ng uri ng kalagayan ng tao. Ang Kanyang mga salita ay para sa lahat, at kasingliwanag ng bilog na buwan. Kaya ngayon, nauunawaan ng mga tao ang maraming isyu, ngunit may kulang pa rin—ang pagsasagawa ng mga tao sa Kanyang salita. Kailangang maranasan ng mga tao ang lahat ng aspeto ng katotohanan nang detalyado, at tuklasin at hangarin ito nang mas detalyado, sa halip na basta maghintay na tanggapin kung ano ang ibigay sa kanila; kung hindi ay nagiging mga palaasa lang sila sa iba. Alam nila ang salita ng Diyos, subalit hindi nila ito isinasagawa. Ang ganitong uri ng tao ay walang pagmamahal sa katotohanan at sa huli ay aalisin. Para maging katulad ng isang Pedro sa dekada 90, nangangahulugan ito na bawat isa sa inyo ay dapat isagawa ang salita ng Diyos, magkaroon ng tunay na pagpasok sa inyong mga karanasan at magkamit ng higit pa at mas dakilang kaliwanagan sa inyong pakikipagtulungan sa Diyos, na magdadala ng higit at higit pang tulong sa sarili ninyong buhay. Kung marami na kayong nabasang salita ng Diyos ngunit nauunawaan lamang ninyo ang kahulugan ng teksto at wala kayong personal na kaalaman sa salita ng Diyos sa pamamagitan ng inyong praktikal na mga karanasan, hindi mo malalaman ang salita ng Diyos. Para sa iyo, ang salita ng Diyos ay hindi buhay, kundi mga titik lamang na walang buhay. At kung ang ipamumuhay mo ay mga titik lamang na walang buhay, hindi mo mauunawaan ang diwa ng salita ng Diyos, ni mauunawaan ang Kanyang kalooban. Kapag naranasan mo na ang Kanyang salita sa iyong mga tunay na karanasan, saka lamang kusang mahahayag sa iyo ang espirituwal na kahulugan ng salita ng Diyos, at sa pamamagitan lamang ng karanasan mo mauunawaan ang espirituwal na kahulugan ng maraming katotohanan at mabubuksan

ang mga hiwaga ng salita ng Diyos. Kung hindi mo ito isasagawa, gaano man kalinaw ang Kanyang salita, ang tanging naunawaan mo ay mga hungkag na titik at doktrina lamang, na naging mga tuntuning pangrelihiyon na sa iyo. Hindi ba ito ang ginawa ng mga Pariseo? Kung isinasagawa at nararanasan ninyo ang salita ng Diyos, nagiging praktikal ito sa inyo; kung hindi ninyo hinahangad isagawa ito, hihigit lang nang kaunti sa alamat ng ikatlong langit ang salita ng Diyos para sa iyo. Sa katunayan, ang proseso ng paniniwala sa Diyos ay ang proseso ng inyong pagdanas sa Kanyang salita gayundin ang pagiging nakamit Niya, o para mas maliwanag, ang maniwala sa Diyos ay ang magkaroon ng kaalaman at pagkaunawa sa Kanyang salita at ang maranasan at isabuhay ang Kanyang salita; ganyan ang realidad sa likod ng inyong paniniwala sa Diyos. Kung kayo ay naniniwala sa Diyos at umaasa sa buhay na walang hanggan nang hindi naghahangad na isagawa ang salita ng Diyos at pumasok sa realidad ng katotohanan, kayo ay hangal. Magiging para itong pagpunta sa isang piging at pagtingin lamang sa pagkain at pagsasaulo kung alin ang masarap nang hindi man lamang tinitikman ang alinman dito, magiging para itong hindi pagkain o pag-inom ng kahit ano roon. Hindi ba hangal ang gayong tao?

Ang katotohanan na kailangang taglayin ng tao ay matatagpuan sa salita ng Diyos, at isang katotohanan ito na lubhang kapaki-pakinabang at nakakatulong sa sangkatauhan. Ito ang pampalakas at panustos na kailangan ng inyong katawan, isang bagay na tumutulong sa panunumbalik ng normal na pagkatao ng tao. Ito ay isang katotohanan na dapat taglayin ng tao. Habang lalo ninyong isinasagawa ang salita ng Diyos, lalong bumibilis ang pamumukadkad ng inyong buhay, at lalong lumilinaw ang katotohanan. Habang lumalago ang inyong tayog, makikita ninyo nang mas malinaw ang mga bagay ng espirituwal na mundo, at lalo kayong lalakas upang magtagumpay laban kay Satanas. Karamihan sa katotohanang hindi ninyo nauunawaan ay lilinaw kapag isinasagawa ninyo ang salita ng Diyos. Karamihan sa mga tao ay nasisiyahan na maunawaan lamang ang teksto ng salita ng Diyos at magtuon sa pagsasangkap sa kanilang sarili ng mga doktrina sa halip na palalimin ang kanilang karanasan sa pagsasagawa, ngunit hindi ba iyon ang paraan ng mga Pariseo? Kaya paano magiging totoo ang pariralang “Ang salita ng Diyos ay buhay” para sa kanila? Hindi makalalago ang buhay ng isang tao sa pagbabasa lamang ng salita ng Diyos, kundi kapag isinasagawa lamang niya ang salita ng Diyos. Kung ang paniniwala mo ay na ang pag-unawa lamang sa salita ng Diyos ang kailangan upang magkaroon ng buhay at tayog, baliko ang pang-unawa mo. Nangyayari ang tunay na pagkaunawa sa salita ng Diyos kapag isinasagawa mo ang katotohanan, at kailangan mong maunawaan na “sa pagsasagawa lamang ng katotohanan ito maaaring maunawaan.” Sa araw na ito, matapos basahin ang salita ng Diyos, masasabi mo lamang na alam mo ang salita ng Diyos, ngunit hindi mo masasabi na nauunawaan mo ito. Sinasabi ng ilan na ang tanging paraan para maisagawa ang katotohanan ay ang unawain muna ito, ngunit medyo tama lamang ito, at walang dudang hindi ganap na tumpak. Bago ka magkaroon ng kaalaman

tungkol sa isang katotohanan, hindi mo pa nararanasan ang katotohanang iyon. Ang pakiramdam na nauunawaan mo ang isang bagay na naririnig mo sa isang sermon ay hindi tunay na pagkaunawa—pagtataglay lamang ito ng literal na mga salita ng katotohanan, at hindi kagaya ng pagkaunawa sa tunay na kahulugan niyon. Hindi dahil mayroon kang malalim na kaalaman tungkol sa katotohanan ay talagang nauunawaan mo na iyon o may kaalaman ka na tungkol doon; ang tunay na kahulugan ng katotohanan ay nanggagaling mula sa pagdanas nito. Samakatuwid, kapag naranasan mo na ang katotohanan, saka mo lamang ito mauunawaan, at saka mo lamang mauunawaan ang mga natatagong bahagi nito. Ang pagpapalalim ng iyong karanasan ang tanging paraan upang maunawaan ang mga natatagong kahulugan at ang diwa ng katotohanan. Samakatuwid, makakapunta ka kahit saan na dala ang katotohanan, ngunit kung wala ang katotohanan sa iyo, huwag mong isiping kumbinsihin kahit ang iyong mga kapamilya, lalo na ang mga relihiyosong tao. Kung wala sa iyo ang katotohanan, para kang lilipad-lipad na niyebe, ngunit kapag nasa iyo ang katotohanan maaari kang maging masaya at malaya, at walang maaaring umatake sa iyo. Gaano man katibay ang isang teorya, hindi nito madaraig ang katotohanan. Kung mayroong katotohanan, ang mundo mismo ay maaaring yanigin at ang mga bundok at dagat ay maaaring ilipat, samantalang kung walang katotohanan ay maaaring durugin ng mga uod ang matitibay na pader ng lungsod. Ito ay isang malinaw na katotohanan.

Sa kasalukuyang yugto, napakahalagang malaman muna ang katotohanan, at pagkatapos ay isagawa ito at sangkapan pa ang iyong sarili ng tunay na kahulugan ng katotohanan. Dapat ninyong hangaring matamo ito. Sa halip na basta hangaring pasunurin ang iba sa iyong mga salita, dapat mo silang pasunurin sa iyong pagsasagawa. Sa ganitong paraan ka lamang makasusumpong ng isang bagay na makabuluhan. Anuman ang sumapit sa iyo, sinuman ang makasalamuha mo, basta't taglay mo ang katotohanan, magagawa mong manindigan nang matatag. Ang salita ng Diyos ang siyang naghahatid ng buhay sa tao, hindi ng kamatayan. Kung, matapos mong basahin ang salita ng Diyos, hindi ka nabuhay, kundi patay ka pa rin, may mali sa iyo. Kung pagkaraan ng ilang panahon ay marami ka nang nabasa sa salita ng Diyos at nakarinig ka na ng maraming praktikal na sermon, ngunit patay ka pa rin, pinatutunayan nito na hindi mo pinahahalagahan ang katotohanan, ni hinahangad na matamo ang katotohanan. Kung talagang hinangad ninyong matamo ang Diyos, hindi kayo magtutuon sa pagsasangkap sa inyong sarili ng mga doktrina at paggamit ng matatayog na doktrina para turuan ang iba, kundi sa halip ay magtutuon kayo sa pagdanas ng salita ng Diyos at sa pagsasagawa ng katotohanan. Hindi ba iyan ang dapat ninyong hangaring pasukin ngayon?

Limitado ang panahon para gawin ng Diyos ang Kanyang gawain sa tao, kaya ano ang kalalabasan niyan kung hindi ka makikipagtulungan sa Kanya? Bakit palaging gusto ng Diyos na isagawa ninyo ang Kanyang salita kapag naunawaan na ninyo ito? Ito ay dahil inihayag na ng Diyos ang Kanyang mga salita sa inyo, at ang inyong susunod na

hakbang ay ang talagang isagawa ang mga ito. Habang isinasagawa ninyo ang mga salitang ito, isasakatuparan ng Diyos ang gawain ng pagliliwanag at pagpatnubay. Ganyan iyon nararapat na gawin. Ang salita ng Diyos ay tinutulutan ang tao na mamukadkad sa buhay at hindi ito nagtataglay ng mga elementong magiging dahilan para malihis o maging balintiyak ang tao. Sinasabi mo na nabasa mo na ang salita ng Diyos at naisagawa na ito, ngunit wala ka pa ring natatanggap na anumang gawain mula sa Banal na Espiritu. Batang paslit lamang ang kayang lokohin ng iyong mga salita. Maaaring hindi alam ng ibang mga tao kung tama ang iyong mga layunin, ngunit sa palagay mo ba posibleng hindi iyon malaman ng Diyos? Paano nangyari na isinasagawa ng iba ang salita ng Diyos at tumatanggap sila ng pagliliwanag ng Banal na Espiritu, subalit isinasagawa mo ang Kanyang salita at hindi mo natatanggap ang pagliliwanag ng Banal na Espiritu? May damdamin ba ang Diyos? Kung talagang tama ang iyong mga layunin at nakikipagtulungan ka, sasaiyo ang Espiritu ng Diyos. Gusto palagi ng ilang tao na mag-angkin, ngunit bakit hindi sila hinahayaan ng Diyos na tumindig at mamuno sa iglesia? Ang ilang tao ay tinutupad at ginagampanan lamang ang kanilang tungkulin, at bago pa nila malaman, natamo na nila ang pagsang-ayon ng Diyos. Paano nangyari iyon? Sinisiyasat ng Diyos ang kaibuturan ng puso ng tao, at kailangan itong gawin ng mga taong naghahanap sa katotohanan nang may mga tamang layunin. Ang mga taong hindi tama ang mga layunin ay hindi kayang manindigan nang matatag. Sa kaibuturan nito, ang inyong mithiin ay ang hayaang magkabisa ang salita ng Diyos sa inyong kalooban. Sa madaling salita, ito ay ang magkaroon ng isang tunay na pagkaunawa sa salita ng Diyos sa inyong pagsasagawa nito. Marahil ay wala kayong gaanong kakayahang unawain ang salita ng Diyos, ngunit kapag isinasagawa ninyo ang salita ng Diyos, maaari Niyang punan ang kakulangang ito, kaya hindi lamang ninyo kailangang malaman ang maraming katotohanan, kundi kailangan din ninyong isagawa ang mga ito. Ito ang pinakadakilang pagtutuon na hindi maaaring balewalain. Tiniis ni Jesus ang maraming kahihyan at pagdurusa sa Kanyang tatlumpu't tatlong kalahating taon. Nagdusa Siya nang labis dahil lamang sa isinagawa Niya ang katotohanan, ginawa ang kalooban ng Diyos sa lahat ng bagay, at nagmalasakit lamang sa kalooban ng Diyos. Ito ay pagdurusang hindi sana Niya dinanas kung nalaman Niya ang katotohanan nang hindi iyon isinasagawa. Kung sinunod ni Jesus ang mga turo ng mga Hudyo at sinunod ang mga Pariseo, hindi sana Siya nagdusa. Matututuhan mo mula sa mga gawa ni Jesus na ang bisa ng gawain ng Diyos sa tao ay nagmumula sa pakikipagtulungan ng tao, at ito ay isang bagay na kailangan ninyong kilalanin. Nagdusa kaya si Jesus na tulad ng dinanas Niya sa krus kung hindi Niya isinagawa ang katotohanan? Nanalangin kaya Siya ng napakalungkot na panalangin kung hindi Siya kumilos alinsunod sa kalooban ng Diyos? Samakatuwid, dapat kayong magdusa alang-alang sa pagsasagawa ng katotohanan; ito ang uri ng pagdurusang dapat danasin ng isang tao.

Ang Isang Taong Nagkakamit ng Kaligtasan ay Yaong Nakahandang Isagawa ang Katotohanan

Madalas banggitin sa mga sermon ang pangangailangang magkaroon ng isang wastong buhay iglesia. Kaya bakit hindi pa umuunlad ang buhay ng iglesia, at kagaya pa rin ng dati? Bakit walang isang paraan ng pamumuhay na ganap na bago at naiiba? Normal kaya sa isang tao ng dekada nobenta na mamuhay na parang emperador ng nakaraang panahon? Bagama't ang kinakain at iniinom ng mga tao ngayon ay masasarap na pagkain na bihirang matikman sa nakaraang mga panahon, walang malalaking pagbabago sa buhay iglesia. Kagaya lamang ito ng paglalagay ng lumang alak sa mga bagong bote. Ano kung gayon ang saysay ng napakaraming pagsasalita ng Diyos? Hindi nagbago ang mga iglesia sa karamihan ng mga lugar. Nakita Ko ito nang sarili Kong mga mata, at malinaw ito sa Aking puso; bagama't hindi Ko naranasan ang buhay ng iglesia para sa Aking Sarili, lubos Kong alam ang mga kalagayan ng mga pagtitipon ng iglesia. Hindi pa sila gaanong umunlad. Bumabalik ito sa kasabihang—kagaya lamang ito ng paglalagay ng lumang alak sa mga bagong bote. Walang nagbago! Kapag mayroong nagpapastol sa kanila, nagliliyab sila na parang apoy, ngunit kapag walang sinumang sumusuporta sa kanila, para silang isang bloke ng yelo. Iilan lamang ang kayang makapagsalita tungkol sa praktikal na mga bagay, at napakadalang na may sinumang kayang mamuno. Bagama't ang mga sermon ay matatayog, bibihirang may sinumang natamong makapasok. Kakaunting mga tao ang nagpapahalaga sa salita ng Diyos. Lumuluha sila kapag tinatanggap nila ang salita ng Diyos, masaya kapag isinasantabi nila ito, at walang kabuluhan at kulang sa ningning kapag lumalayo sila mula rito. Sa deretsahang pagsasalita, hindi ninyo talaga pinahahalagahan ang salita ng Diyos, at kailanma'y hindi ninyo nakikita ang mga salitang nagmumula sa Kanyang bibig ngayon bilang isang yaman. Nagiging balisa ka lamang kapag nagbabasa ng Kanyang salita, at nakararamdam ng pagod kapag isinasaulo ito, at pagdating sa pagsasagawa ng Kanyang salita, para bang sinusubukan mong pihitin ang hawakan ng isang poso sa pamamagitan ng paghatak dito gamit ang isang buhok mula sa buntot ng isang kabayo—kahit gaano mo man katinding sikapin, talagang hindi mo makakayang maglabas ng sapat na lakas. Lagi kang sumisigla kapag nagbabasa ng salita ng Diyos, ngunit malilimutin kapag isinasagawa ito. Sa katunayan, hindi na kailangang sambitin nang buong ingat at ulitin nang buong tiyaga ang mga salitang ito; ngunit naging balakid sa gawain Niya ang katotohanang nakikinig lamang ang mga tao nang hindi isinasagawa ang mga salita ng Diyos. Hindi Ko maaaring hindi banggitin ito, hindi Ako maaaring hindi magsalita tungkol dito. Napipilitan Akong gawin ito; hindi dahil sa natutuwa Akong ibunyag ang mga kahinaan ng iba. Akala ba ninyo na humigit-kumulang sapat na ang inyong pagsasagawa—na kapag nasa tugatog na ang mga paghahayag, nasa tugatog na rin ang pagpasok ninyo? Ganoon ba kasimple iyon? Hindi ninyo kailanman sinisiyasat ang saligan kung saan itinatag sa huli ang inyong mga karanasan! Sa sandaling ito,

walang pasubaling hindi matatawag na angkop na buhay iglesia ang mga pagtitipon ninyo, ni hindi man lamang sila bumubuo ng isang angkop na buhay espirituwal. Pagtitipon lamang ito ng isang kumpol ng mga tao na natutuwang magkuwentuhan at mag-awitan. Sa tuwirang pananalita, walang gaanong realidad dito. Upang higit na linawin, kung hindi mo isinasagawa ang katotohanan, nasaan ang realidad? Hindi ba pagyayabang ang sabihing mayroon kang realidad? Yaong mga palaging ginagampanan ang gawain ay mayayabang at mga mapagmataas, habang nananahimik at nananatiling nakatungo ang ulo ng yaong mga palaging sumusunod, nang walang anumang pagkakataon para magsanay. Walang ginagawa kundi mangusap ang mga taong gumagawa ng gawain, nagpapatuloy sa kanilang matatayog na pananalita, at nakikinig lamang ang mga tagasunod. Walang pagbabagong masasabi; mga pamamaraan lamang ng nakaraan ang lahat ng mga ito! Ngayon, ang kakayahan mong magpasakop at hindi mangahas na manghimasok o kumilos kung paano mo gusto ay dulot ng pagdating ng mga atas administratibo ng Diyos; hindi ito pagbabagong pinagdaanan mo sa pamamagitan ng mga karanasan. Ang katotohanang hindi ka na nangangahas gawin ang ilang mga bagay na lumalabag sa mga atas administratibo ngayon ay dahil nagkaroon na ng malinaw na epekto ang gawain ng mga salita ng Diyos at nilupig na nito ang mga tao. Hayaan mo Akong tanungin ang kahit sino: Gaano karami sa mga napagtagumpayan mo ngayon ang nakamit mo sa iyong pagsusumikap? Gaano karami sa mga ito ang mismong sinabi sa iyo ng Diyos? Paano ka sasagot? Matutulala ka ba at hindi makapagsasalita? Bakit nagagawang magsalita ng iba tungkol sa marami nilang aktwal na mga karanasan upang pagkalooban ka ng pangangailangan mo sa buhay, habang tinatamasa mo lamang ang pagkaing niluto ng iba? Hindi ka ba nahihiya? Maaari kayong magpatupad ng isang pagsusuri sa paghahanap ng katunayan, na sinusuri yaong mga masasabing mabuti: Gaano karaming katotohanan ang nauunawaan mo? Gaano karami ang isinasagawa mo sa huli? Sino ang mas mahal mo, ang Diyos o ang sarili mo? Mas madalas ka bang magbigay, o mas madalas kang tumanggap? Sa ilang pagkakataong mali ang layunin mo na nagawa mong talikuran ang dati mong sarili at napalugod mo ang kalooban ng Diyos? Ang ilang mga katanungang ito lamang ay lilituhin na ang maraming tao. Para sa karamihan ng mga tao, kahit mapagtanto nilang mali ang kanilang layunin, sadya pa rin nilang ginagawa ang mali, at malayo pa sila sa pagtalikod sa sarili nilang laman. Hinahayaan ng karamihan ng mga tao na lumaganap ang kasalanan sa loob nila, hinahayaan ang kanilang kasalanan na diktahan ang bawat kilos nila. Hindi nila kayang supilin ang kanilang mga kasalanan, at patuloy silang nabubuhay sa kasalanan. Pagdating sa kasalukuyang yugtong ito, sino ang hindi nakaaalam kung ilang masasamang gawa na ang nagawa nila? Kung sasabihin mong hindi mo alam, kung gayon nagsisinungaling ka. Sa deretsahang pagsasalita, ang lahat ng ito ay pagtanging talikuran ang dati mong sarili. Anong silbi ng pagsasabi ng napakaraming pagsisising “salita mula sa puso” na walang halaga? Nakatutulong ba ito sa paglago mo sa buhay? Masasabing ganap mong gawain ang pagkilala mo sa sarili

mo. Ginagawa Kong perpekto ang mga tao sa pamamagitan ng kanilang pagpapasakop at pagsasagawa sa mga salita ng Diyos. Kung isusuot mo lamang ang mga salita ng Diyos tulad ng pagsusuot mo ng damit, upang magmukha ka lamang matalino at kaakit-akit, hindi ba't nililalang mo ang sarili mo at ang iba? Kung puro salita ka lamang at hindi mo kailanman isinasagawa ito, ano ang mapapala mo?

Maraming taong nakapagsasalita nang kaunti tungkol sa pagsasagawa at nakapagsasalita sila tungkol sa kanilang mga pansariling palagay, ngunit pagpapaliwanag na nakamit mula sa mga salita ng iba ang karamihan ng ito. Hindi man lamang kabilang dito ang anumang nagmumula sa kanilang pansariling mga pagsasagawa, ni hindi kabilang dito ang nakikita nila mula sa kanilang mga karanasan. Hinimay Ko ang usaping ito noong una pa man; huwag mong isiping wala Akong alam. Isa ka lamang papel na tigre, subalit nagsasalita ka tungkol sa paglupig kay Satanas, sa pagkakaroon ng matatagumpay na patotoo, at sa pagsasabuhay sa larawan ng Diyos? Walang kabuluhan ang lahat ng ito! Iniisip mo bang ang lahat ng mga salitang sinabi ng Diyos ngayon ay para hangaan mo? Nagsasabi ang bibig mo tungkol sa pagtalikod sa dati mong sarili at pagsagawa ng katotohanan, subalit iba ang ginagawa ng mga kamay mo at nagbabalak ng ibang mga pakana ang puso mo—anong klaseng tao ka? Bakit hindi iisa't pareho ang puso at mga kamay mo? Napakaraming pangaral ang naging hungkag na mga salita; hindi ba ito makadurog-puso? Kung hindi mo maisagawa ang salita ng Diyos, pinatutunayan nito na hindi ka pa nakapapasok sa paraan ng pagkilos ng Banal na Espiritu, na wala pa sa loob mo ang gawain ng Banal na Espiritu, at hindi ka pa nagkakaroon ng paggabay Niya. Kung sinasabi mong nauunawaan mo lamang ang salita ng Diyos ngunit hindi mo naisasagawa ito, kung gayon isa kang taong hindi nagmamahal sa katotohanan. Hindi darating ang Diyos upang iligtas ang ganitong klaseng tao. Nagdusa si Jesus ng napakatinding paghihirap noong ipako Siya sa krus upang iligtas ang mga makasalanan, iligtas ang mga maralita, at upang iligtas ang lahat yaong mga mapagkumbabang tao. Nagsilbing handog para sa kasalanan ang pagkakapako Niya sa krus. Kung hindi mo maisasagawa ang salita ng Diyos, kung gayon dapat kang umalis sa lalong madaling panahon; huwag kang magtagal sa tahanan ng Diyos bilang isang manghuhuthot. Nahihirapan pa ang maraming mga tao na pigilan ang kanilang mga sarili mula sa paggawa ng mga bagay na malinaw na lumalaban sa Diyos. Hindi ba sila humihingi ng kamatayan? Paano sila nakapagsasalita tungkol sa pagpasok sa kaharian ng Diyos? May tapang kaya silang makita ang mukha ng Diyos? Ang pagkain ng mga pagkaing ipinagkakaloob ng Diyos sa iyo, ang paggawa ng buktot na mga bagay na sumasalungat sa Diyos, ang pagiging mapaghangad ng masama, lihim na mapanira, at mapagpakana, kahit habang pinahihintulutan ng Diyos na matamasa mo ang mga biyayang ipinagkaloob Niya sa iyo—hindi mo ba nararamdamang sinusunog ng mga ito ang mga kamay mo kapag tinatanggap mo sila? Hindi mo ba nararamdaman ang pamumula ng mukha mo? Sa pagkakagawa ng isang bagay na sumasalungat sa Diyos, sa pagpapatupad ng mga pakana upang “maging tampalasan,”

hindi ka ba natatakot? Kung wala kang nararamdaman, paano ka nakapagsasalita ng anuman tungkol sa kinabukasan? Wala nang kinabukasan para sa iyo noong una pa man, kaya ano pang mas higit na pag-asa ang mayroon ka? Kung magsasalita ka ng isang walang-kahihiyang bagay ngunit wala kang nararamdamang kahihiyan, at ang puso mo ay walang kamalayan, kung gayon hindi ba ito nangangahulugang pinabayaan ka na ng Diyos? Naging likas na sa iyo ang magsalita at kumilos nang walang pakundangan at walang pagpipigil; paano ka pang magagawang perpekto ng Diyos nang ganito? Magagawa mo bang lakarin ang buong daigdig? Sino ang makukumbinsi sa iyo? Lalayo yaong mga nakakikilala sa totoo mong kalikasan. Hindi ba ito kaparusahan ng Diyos? Sa kabuuan, kung puro salita lamang at walang pagsasagawa, walang paglago. Bagama't maaaring gumagawa sa iyo ang Banal na Espiritu habang nagsasalita ka, kung hindi ka nagsasagawa, titigil ang Banal na Espiritu sa paggawa. Kung magpapatuloy kang ganito, paano magkakaroon ng anumang usapan tungkol sa kinabukasan o pagbibigay ng buong pagkatao mo sa gawain ng Diyos? Nasasabi mo lang ang pag-aalay ng buong katauhan mo, subalit hindi mo pa naibibigay ang tunay mong pagmamahal sa Diyos. Debosyong salita lamang ang natatanggap Niya mula sa iyo; hindi ibinibigay sa Kanya ang layunin mong isagawa ang katotohanan. Ito nga ba ang aktwal mong katayuan? Kung magpapatuloy kang ganito, kailan ka magagawang perpekto ng Diyos? Hindi ka ba nababahala sa madilim at malungkot mong kinabukasan? Hindi mo ba nararamdaman na nawalan na ng pag-asa ang Diyos sa iyo? Hindi mo ba alam na ninanais ng Diyos na gawing perpekto ang mas marami at mas bagong mga tao? Kaya bang manatili ng mga lumang bagay? Hindi mo binibigyang pansin ang mga salita ng Diyos ngayon: Naghihintay ka ba ng bukas?

Ang Nararapat na Isangkap sa Isang Katanggap-tanggap na Pastol

Kailangan mong magkaroon ng pagkaunawa tungkol sa maraming kalagayang kalalagyan ng mga tao kapag isinasagawa ng Banal na Espiritu ang gawain sa kanila. Partikular na, yaong mga nag-uugnayan sa paglilingkod sa Diyos ay dapat magkaroon ng mas matinding pagkaunawa tungkol sa mga kalagayang ito. Kung nagsasalita ka lamang tungkol sa maraming karanasan o pamamaraan para makapasok, ipinakikita nito na ang karanasan mo ay masyadong may pinapanigan. Kung hindi mo alam ang iyong tunay na kalagayan at hindi mo nauunawaan ang mga prinsipyo ng katotohanan, hindi posibleng magkamit ng pagbabago sa disposisyon. Kung hindi mo alam ang mga prinsipyo ng gawain ng Banal na Espiritu o nauunawaan ang ibinubunga nito, mahihirapan kang mahiwatigan ang gawain ng masasamang espiritu. Kailangan mong ihayag ang gawain ng masasamang espiritu, pati na rin ang mga kuru-kuro ng tao, at tumbukin ang pinakabuod ng usapin; kailangan mo ring banggitin ang maraming paglihis

sa pagsasagawa ng mga tao at ang mga problemang maaaring umiiral sa kanilang pananampalataya sa Diyos, upang mapansin nila ang mga ito. Kahit paano, huwag mo silang bigyan ng dahilan para maging negatibo o walang kibo. Gayunpaman, kailangan mong maunawaan ang mga paghihirap na talagang umiiral para sa karamihan, hindi ka dapat maging hindi makatwiran o “tangkaing turuan sila ng isang bagay na ayaw nilang matutuhan”; kahangalan iyan. Para malutas ang maraming paghihirap na nararanasan ng mga tao, kailangan mo munang maunawaan ang pag-unlad ng gawain ng Banal na Espiritu; kailangan mong maunawaan kung paano isinasagawa ng Banal na Espiritu ang gawain sa iba’t ibang mga tao, kailangan mong maunawaan ang mga paghihirap na kinakaharap ng mga tao at ang kanilang mga pagkukulang, at kailangan mong makita nang malinaw ang mga pangunahing usapin ng problema at malaman ang pinagmulan nito, nang hindi lumilihis o nagkakamali. Ang ganitong uri lamang ng tao ang karapat-dapat na makipag-ugnayan sa paglilingkod sa Diyos.

Nagagawa mo man o hindi na maunawaan ang mga pangunahing usapin at makita nang malinaw ang maraming bagay ay nakasalalay sa iyong sariling mga karanasan. Ang paraan ng iyong pagdanas ay siya ring paraan ng iyong pag-akay sa iba. Kung nauunawaan mo ang mga titik at doktrina, maaakay mo ang iba na maunawaan ang mga titik at doktrina. Ang paraan ng iyong pagdanas sa realidad ng mga salita ng Diyos ang magiging paraan ng iyong pag-akay sa iba na makapasok sa realidad ng mga pahayag ng Diyos. Kung nagagawa mong unawain ang maraming katotohanan at malinaw kang nagtatamo ng kabatiran sa maraming bagay mula sa mga salita ng Diyos, may kakayahan kang akayin ang iba na maunawaan din ang maraming katotohanan, at yaong mga inaakay mo ay magkakaroon ng malinaw na pagkaunawa sa mga pangitain. Kung magtutuon ka sa pag-unawa sa mga damdaming di-pangkaraniwan, gagawin din iyon ng mga inaakay mo. Kung kinaliligtaan mong magsagawa, at sa halip ay binibigyang-diin mo ang talakayan, yaong mga inaakay mo ay magtutuon din sa talakayan, nang hindi man lamang nagsasagawa o nagkakaroon ng anumang pagbabago sa kanilang mga disposisyon; magiging masigasig lamang sila kunwari, nang hindi isinasagawa ang anumang mga katotohanan. Ibinibigay ng lahat ng tao sa iba kung ano ang mayroon sila mismo. Ang uri ng tao ang tumutukoy sa landas kung saan nila inaakay ang iba, gayundin ang uri ng mga tao na inaakay nila. Upang maging tunay na akmang kasangkapanin ng Diyos, hindi lamang kayo kailangang magkaroon ng hangarin, kundi kailangan din ninyo ng malaking kaliwanagan mula sa Diyos, patnubay mula sa Kanyang mga salita, karanasang mapakitunguhan Niya, at pagpipino ng Kanyang mga salita. Kung gagawin ninyo itong pundasyon, sa karaniwang mga pagkakataon, dapat kayong magtuon ng pansin sa inyong mga obserbasyon, saloobin, pagbubulay-bulay, at konklusyon, at maging abala sa pagtanggap o pag-aalis nang naaayon dito. Lahat ng ito ay mga landas para sa inyong pagpasok sa realidad, at bawat isa sa mga ito ay lubhang kailangan. Ganito gumagawa ang Diyos. Kung gagamitin mo ang pamamaraang ito ng paggawa ng Diyos, magkakaroon ka ng mga pagkakataon araw-araw na magawa ka Niyang

perpekto. At anumang oras, malupit man o kanais-nais ang iyong sitwasyon, sinusubok ka man o tinutukso, gumagawa ka man o hindi, at namumuhay ka man nang mag-isa o bahagi ka ng isang grupo, palagi kang makahahapan ng mga pagkakataon para magawang perpekto ng Diyos, nang hindi pinalalampas ni isa sa mga ito. Magagawa mong tuklasin ang mga ito at sa ganitong paraan, masusumpungan mo ang lihim sa pagdanas ng mga salita ng Diyos.

Tungkol sa Karanasan

Sa buong karanasan ni Pedro, nagdanas siya ng daan-daang pagsubok. Bagama't may kamalayan ang mga tao ngayon sa katagang "pagsubok," nalilito sila sa tunay na kahulugan at sitwasyon nito. Binabago ng Diyos ang determinasyon ng tao, pinipino ang kanilang tiwala, at pineperpekto ang bawat bahagi nila, at natatamo ito una sa lahat sa pamamagitan ng mga pagsubok, na siya ring tagong gawain ng Banal na Espiritu. Tila pinabayaan na ng Diyos ang mga tao, kaya nga kung hindi sila maingat, ituturing nila ang mga pagsubok na ito na mga panunukso ni Satanas. Sa katunayan, maraming pagsubok ang maituturing na mga tukso, at ito ang prinsipyo at panuntunan ng gawain ng Diyos. Kung ang tao ay tunay na nabubuhay sa presensya ng Diyos, ituturing nilang mga pagsubok ng Diyos ang mga iyon, at hindi nila iyon hahayaang makalampas. Kung sasabihin ng isang tao na dahil kasama nila ang Diyos, siguradong hindi sila lalapitan ni Satanas, hindi ito ganap na tama; kung magkagayon, paano maipaliliwanag na naharap si Jesus sa mga tukso matapos mag-ayuno sa ilang sa loob ng apatnapung araw? Kaya kung tunay na itinuwid ng mga tao ang kanilang mga pananaw tungkol sa paniniwala sa Diyos, makikita nila ang maraming bagay nang mas malinaw, at hindi magiging baluktot at mali ang kanilang pagkaunawa. Kung totoong matibay ang pasiya ng tao na magawang perpekto ng Diyos, kailangan nilang unawain ang mga bagay na kinakaharap nila mula sa maraming iba't ibang anggulo, na hindi natatangay nang pakaliwa o pakanan. Kung wala kang kaalaman tungkol sa gawain ng Diyos, hindi mo malalaman kung paano makipagtulungan sa Diyos. Kung hindi mo alam ang mga prinsipyo ng gawain ng Diyos, at wala kang kamalayan kung paano gumagawa si Satanas sa tao, hindi ka magkakaroon ng landas para magsagawa. Hindi ka tutulutan ng masigasig na paghahangad lamang na makamit ang mga resultang hinihingi ng Diyos. Ang gayong paraan ng pagdanas ay katulad ng kay Lawrence: hindi gumagawa ng anumang mga pagtatangi at nagtutuon lamang sa karanasan, lubos na walang kamalayan kung ano ang gawain ni Satanas, kung ano ang gawain ng Banal na Espiritu, kung ano ang kalagayan ng tao nang walang presensya ng Diyos, at kung anong uri ng mga tao ang gustong gawing perpekto ng Diyos. Anong mga prinsipyo ang dapat tanggapin kapag nakikitungo sa iba't ibang uri ng mga tao, paano maunawaan ang kalooban ng Diyos sa kasalukuyan, paano malaman ang disposisyon ng Diyos, at kanino, anong mga

sitwasyon, at saang kapanahunan nakadirekta ang habag, kamahalan, at katuwiran ng Diyos—wala siyang pagkaunawa sa anuman sa mga ito. Kung hindi marami ang pangitain ng mga tao bilang pundasyon para sa kanilang mga karanasan, hindi na kailangang pag-usapan ang buhay, at lalo na ang karanasan; maaaring buong kahangalang patuloy nilang harapin at tiisin ang lahat ng bagay. Napakahirap na gawing perpekto ang gayong mga tao. Masasabi na kung wala kang anuman sa mga pangitaing binabanggit sa itaas, sapat nang katibayan iyan na isa kang hangal, para kang isang haligi ng asin na palaging nakatayo sa Israel. Ang gayong mga tao ay walang silbi, walang kuwenta! Ang ilang tao ay pikit-matang nagpapasakop lamang palagi, kilala nila palagi ang kanilang sarili at lagi nilang ginagamit ang sarili nilang mga paraan ng pagkilos kapag nakikitungo sa mga bagong bagay, o gumagamit sila ng “karunungan” upang harapin ang maliliit na bagay na hindi na kailangang banggitin pa. Ang gayong mga tao ay walang pang-unawa, at parang likas sa kanila ang isuko ang kanilang sarili sa pagpapahirap, at gayon sila palagi; hindi sila nagbabago kailanman. Ang ganitong mga tao ay mga hangal na wala ni katiting na pang-unawa. Hindi nila sinusubukan kailanman na gumawa ng mga hakbang na angkop sa mga sitwasyon o sa iba’t ibang tao. Ang gayong mga tao ay walang karanasan. Nakakita na Ako ng ilang tao na lubhang nakatali sa pagkakilala nila tungkol sa kanilang sarili na kapag naharap sa mga taong nakukubabawan ng masasamang espiritu, nagyuyuko sila ng ulo at umaamin sa kanilang mga kasalanan, na hindi nangangahas na tumayo at isumpa ang mga ito. At kapag naharap sa malinaw na gawain ng Banal na Espiritu, hindi sila nangangahas na sumunod. Naniniwala sila na ang masasamang espiritu ay nasa mga kamay rin ng Diyos, at wala ni katiting na lakas ng loob na tumayo at labanan ang mga ito. Ang gayong mga tao ay nagdadala ng kahihyan sa Diyos, at lubos na walang kakayahang magdala ng mabigat na pasanin para sa Kanya. Ang mga hangal na iyon ay hindi gumagawa ng anumang mga pagtatangi. Ang gayong paraan ng pagdanas, samakatuwid, ay dapat iwaksi, sapagkat hindi ito katanggap-tanggap sa mga mata ng Diyos.

Tunay na ang Diyos ay maraming ginagawa sa mga tao, kung minsan ay sinusubok sila, kung minsan ay lumilikha ng mga sitwasyon upang baguhin sila, at kung minsan ay sumasambit ng mga salita upang gabayan sila at punan ang kanilang mga pagkukulang. Kung minsan ay inaakay ng Banal na Espiritu ang mga tao sa mga sitwasyong inihanda ng Diyos para sa kanila upang matuklasan nila nang hindi namamalayan ang maraming bagay na wala sa kanila. Sa pamamagitan ng sinasabi at ginagawa ng mga tao, at sa paraan ng pagtrato ng mga tao sa iba at pagharap sa mga bagay-bagay, hindi nila nalalaman na nililiwanagan sila ng Banal na Espiritu tungkol sa maraming bagay na dati-rati ay hindi nila naunawaan, na tinutulutan silang makita ang maraming bagay at tao nang mas malinaw, tinutulutan silang makita ang maraming bagay na dati-rati ay wala silang kamalayan. Kapag abala ka sa mundo, unti-unti mong nauunawaan ang mga makamundong bagay, at bago ka mamatay, maaari mong sabihin nang patapos: “Mahirap talagang maging tao.” Kung gumugugol ka ng kaunting panahon sa pagdanas

sa harap ng Diyos, at nauunawaan mo ang gawain ng Diyos at ang Kanyang disposisyon, magkakamit ka ng maraming kabatiran nang hindi sinasadya, at ang iyong tayog ay unti-unting lalago. Mas mauunawaan mo ang maraming espirituwal na bagay, at mas malilinawan mo lalo na ang gawain ng Diyos. Tatanggapin mo ang mga salita ng Diyos, ang gawain ng Diyos, ang bawat kilos ng Diyos, ang disposisyon ng Diyos, at kung ano ang Diyos at kung ano ang mayroon Siya bilang sarili mong buhay. Kung ang tangi mong gagawin ay gumala sa mundo, mas titigas pa ang iyong mga pakpak, at lalo mong lalabanan ang Diyos; paano ka pa makakasangkapan ng Diyos? Dahil napakarami mong “sa tingin ko,” hindi ka kinakasangkapan ng Diyos. Kapag mas nasa presensya ka ng Diyos, mas marami kang mararanasan. Kung nabubuhay ka pa rin sa mundo na parang hayop—nagpapahayag ng paniniwala sa Diyos ang iyong bibig ngunit nakatuon sa iba ang iyong puso—at pinag-aaralan mo pa rin ang mga makamundong pilosopiya sa pamumuhay, hindi ba mawawalan ng kabuluhan ang lahat ng dati mong pinagpaguran? Samakatuwid, kapag ang mga tao ay mas nasa presensya ng Diyos, mas madali silang magagawang perpekto ng Diyos. Ito ang landas kung saan ginagawa ng Banal na Espiritu ang Kanyang gawain. Kung hindi mo ito nauunawaan, magiging imposible para sa iyo na makapasok sa tamang landas, at hindi na kailangang pag-usapan pa ang magawang perpekto ng Diyos. Hindi ka magkakaroon ng normal na espirituwal na buhay, magiging para kang may kapansanan, at ang tanging tataglayin mo ay ang sarili mong pagsisikap at wala ng anumang gawain ng Diyos. Hindi ba ito isang pagkakamali sa iyong pagdanas? Hindi mo kinakailangang manalangin para mapunta sa presensya ng Diyos; kung minsan ay napupunta ka sa presensya ng Diyos sa pagmumuni-muni mo tungkol sa Diyos o pagninilay sa Kanyang gawain, kung minsan ay sa pagharap mo sa ilang bagay, at kung minsan ay sa pamamagitan ng pagkalantad sa iyo sa isang kaganapan. Sinasabi ng karamihan sa mga tao, “Wala ba ako sa presensya ng Diyos, yamang madalas akong manalangin?” Maraming taong nananalangin nang walang katapusan “sa presensya ng Diyos.” Bagama’t ang mga panalangin ay palaging nasa kanilang mga labi, hindi sila talaga nabubuhay sa presensya ng Diyos. Ito lamang ang paraan kung saan mapapanatili ng gayong mga tao ang kanilang kalagayan sa presensya ng Diyos; lubos silang walang kakayahang gamitin ang kanilang puso upang makipag-usap sa Diyos sa lahat ng oras, at ni hindi nila magawang lumapit sa harap ng Diyos sa pamamagitan ng pagdanas, sa pamamagitan man ng pagninilay, tahimik na pagmumuni-muni, o paggamit ng kanilang isipan upang makausap ang Diyos sa kanilang puso, sa pamamagitan ng pag-alaala sa pasanin ng Diyos. Nag-aalay lamang sila ng mga panalangin sa Diyos sa langit sa kanilang bibig. Wala ang Diyos sa puso ng karamihan sa mga tao, at naroon lamang ang Diyos kapag lumalapit sila sa Kanya; kadalasan, ni wala man lang doon ang Diyos. Hindi ba ito nagpapahayag na wala ang Diyos sa puso ng tao? Kung talagang nasa puso nila ang Diyos, magagawa ba nila ang mga bagay na ginagawa ng mga magnanakaw at ng mga hayop? Kung talagang nagpipitagan ang tao sa Diyos, iuugnay nila ang kanilang tapat na puso sa

Diyos, at ang kanilang mga saloobin at ideya ay palaging magiging okupado ng mga salita ng Diyos. Hindi sila magkakamali sa pananalita o kilos, at hindi gagawa ng anuman na malinaw na kumakalaban sa Diyos. Gayon ang pamantayan ng pagiging isang mananampalataya.

Ang mga Kautusan ng Bagong Kapanahunan

Sa pagdaranas ng gawain ng Diyos, kailangan ninyong basahing mabuti ang mga salita ng Diyos at sangkapan ang inyong sarili ng katotohanan. Ngunit hinggil sa kung ano ang gusto ninyong gawin o kung paano ninyo gustong gawin iyon, hindi na kailangan ang inyong maalab na panalangin o pagsamo, at talagang walang silbi ang mga bagay na ito. Subalit sa ngayon, ang mga problemang kinakaharap ninyo sa kasalukuyan ay na hindi ninyo alam kung paano maranasan ang gawain ng Diyos, at masyado kayong walang-kibo. Marami kayong alam na doktrina, ngunit wala kayong gaanong realidad. Hindi ba ito isang tanda ng pagkakamali? Maraming pagkakamali ang nakikita sa inyo, sa grupong ito. Ngayon, wala kayong kakayahang makamit ang gayong mga pagsubok bilang “mga tagasilbi,” at hindi ninyo kayang isipin o kamtin ang ibang mga pagsubok at pagpipinong nauugnay sa mga salita ng Diyos. Kailangan kayong maging tapat sa maraming bagay na dapat ninyong isagawa. Ibig sabihin, kailangang panghawakan ng mga tao ang maraming tungkuling dapat nilang gampanan. Ito ang dapat sundin ng mga tao, at ito ang kailangan nilang isakatuparan. Hayaang gawin ng Banal na Espiritu ang kailangang gawin ng Banal na Espiritu; hindi maaaring makialam ang tao rito. Dapat maging tapat ang tao sa nararapat gawin ng tao, na walang kaugnayan sa Banal na Espiritu. Ito ay walang iba kundi yaong nararapat gawin ng tao, at dapat sundin bilang isang utos, katulad ng pagsunod sa kautusan sa Lumang Tipan. Bagama’t hindi Kapanahunan ng Kautusan ngayon, marami pa ring mga salitang dapat sundin na kauri ng mga salitang sinambit sa Kapanahunan ng Kautusan. Ang mga salitang ito ay hindi isinasakatuparan sa pamamagitan lamang ng pag-asa sa pag-antig ng Banal na Espiritu, kundi sa halip, ang mga ito ay dapat sundin ng tao. Halimbawa:

Huwag ninyong husgahan ang gawain ng praktikal na Diyos.

Huwag ninyong kontrahin ang taong pinatotohanan ng Diyos.

Sa harap ng Diyos, tumayo kayo sa inyong lugar at huwag maging pasaway.

Dapat kayong maging mahinahon sa pagsasalita, at ang inyong mga salita at kilos ay kailangang sumunod sa mga plano ng taong pinatotohanan ng Diyos.

Dapat kayong magpitagan sa patotoo ng Diyos. Huwag ninyong balewalain ang gawain ng Diyos at ang mga salitang nagmumula sa Kanyang bibig.

Huwag ninyong gayahin ang tono at mga layunin ng mga pahayag ng Diyos.

Sa inyong mga kilos, huwag kayong gumawa ng anuman na hayagang kumontra sa taong pinatotohanan ng Diyos.

Ito ang mga bagay na dapat sundin ng bawat tao. Sa bawat kapanahunan, maraming panuntunang tinutukoy ang Diyos na may pagkakatulad sa mga kautusang dapat sundin ng tao. Sa pamamagitan nito, napipigilan Niya ang disposisyon ng tao at nasusubukan ang kanyang katapatan. Isipin ang mga salitang “Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina” sa kapanahunan ng Lumang Tipan, halimbawa. Hindi angkop ang mga salitang ito ngayon; sa panahong iyon, napigilan lamang ng mga ito ang ilan sa mga panlabas na disposisyon ng tao, nagamit upang ipamalas ang katapatan ng paniniwala ng tao sa Diyos, at naging isang tanda ng mga naniwala sa Diyos. Bagama’t Kapanahunan ng Kaharian ngayon, marami pa ring panuntunang kailangang sundin ang tao. Hindi angkop ang mga panuntunan noong araw, at ngayon ay marami pang mas akmang pagsasagawang isakatuparan ang tao, na kinakailangan. Walang kinalaman dito ang gawain ng Banal na Espiritu at kailangan itong gawin ng tao.

Sa Kapanahunan ng Biyaya, marami sa mga pagsasagawa sa Kapanahunan ng Kautusan ang inalis dahil ang mga kautusang ito ay hindi epektibo lalo na para sa gawain noon. Matapos alisin ang mga ito, maraming pagsasagawa ang itinakda na naaangkop sa kapanahunan, at naging mga panuntunan na sa ngayon. Nang pumarito ang Diyos ng panahong ito, tinanggal ang mga panuntunang ito at hindi na kinailangang sundin, at maraming pagsasagawa ang itinakda na naaangkop sa gawain sa ngayon. Ngayon, ang mga pagsasagawang ito ay hindi mga panuntunan, kundi sa halip ay nilayong magkamit ng mga epekto; angkop ang mga ito para ngayon—bukas, marahil ay magiging mga panuntunan ang mga ito. Sa kabuuan, dapat mong sundin yaong mabunga para sa gawain ngayon. Huwag mong pansinin ang kinabukasan: Ang ginagawa ngayon ay para sa kapakanan ng ngayon. Kapag dumating siguro ang kinabukasan, magkakaroon ng mas mabubuting pagsasagawa na kakailanganin mong isakatuparan—ngunit huwag mong gaanong pansinin iyan. Sa halip, sundin yaong dapat sundin ngayon upang maiwasang kontrahin ang Diyos. Ngayon, wala nang mas mahalagang sundin ang tao kaysa sa mga sumusunod:

Hindi mo dapat tangkaing manuyo sa Diyos na nakatayo sa iyong harapan, o magtago ng anuman sa Kanya.

Huwag kang bumigkas ng karumihan o ng mayabang na pananalita sa harap ng Diyos na nasa iyong harapan.

Huwag mong linlangin ang Diyos na nasa iyong harapan sa matatamis na salita at mabulaklak na mga pananalita upang makamit ang Kanyang tiwala.

Huwag kang kumilos nang walang pagpipitagan sa harap ng Diyos. Sundin mo ang lahat ng lumalabas mula sa bibig ng Diyos, at huwag labanan, kontrahin, o tutulan ang Kanyang mga salita.

Huwag mong ipakahulugan ayon sa inaakala mong angkop ang mga salitang nagmumula sa bibig ng Diyos. Dapat mong ingatan ang iyong pananalita upang maiwasan mong mahulog sa bitag ng mapanlinlang na mga pakana ng masasama.

Dapat mong ingatan ang iyong mga paghakbang upang maiwasang labagin ang mga hangganang itinakda ng Diyos para sa iyo. Kung lumabag ka, magiging dahilan ito upang tumayo ka sa posisyon ng Diyos at magsalita ng mga salitang mapagmataas at mapagmalaki, at sa gayon ay kamumuhian ka ng Diyos.

Huwag mong ipalaganap nang walang ingat ang mga salitang nagmumula sa bibig ng Diyos, at baka kutyain ka ng iba at gawin kang tanga ng mga diyablo.

Sundin mo ang buong gawain ng Diyos ng ngayon. Kahit hindi mo ito nauunawaan, huwag mo itong husgahan; ang tanging magagawa mo ay maghanap at makibahagi.

Walang taong lalabag sa orihinal na lugar ng Diyos. Wala ka nang ibang magagawa kundi paglingkuran ang Diyos ng ngayon mula sa posisyon ng tao. Hindi mo maaaring turuan ang Diyos ng ngayon mula sa posisyon ng tao—hindi tamang gawin iyon.

Walang sinumang maaaring pumalit sa lugar ng taong pinatotohanan ng Diyos; sa iyong mga salita, kilos, at saloobin, nakatayo ka sa posisyon ng tao. Dapat itong sundin, responsibilidad ito ng tao, walang sinuman na maaaring magbago rito; ang pagtatangkang gawin iyon ay lalabag sa mga atas administratibo. Dapat itong tandaan ng lahat.

Ang matagal na panahong nagugol ng Diyos sa pagsasalita at pagpapahayag ay naging sanhi upang isipin ng tao na gawing pangunahin niyang tungkulin ang pagbabasa at pagsasaulo ng mga salita ng Diyos. Walang sinumang pumapansin sa pagsasagawa, at kahit yaong nararapat ninyong sundin ay hindi ninyo sinusunod. Naghatid ito ng maraming hrap at problema sa inyong paglilingkod. Kung, bago mo isagawa ang mga salita ng Diyos, hindi mo nasunod yaong dapat mong sundin, isa ka sa mga kinamumuhian at inaayawan ng Diyos. Sa pagsunod sa mga pagsasagawang ito, dapat kang maging masigasig at tapat. Hindi mo dapat ituring ang mga ito na mga gapos, kundi sundin mo ang mga ito bilang mga utos. Ngayon, hindi mo dapat alalahanin kung anong mga epekto ang kailangang makamtan; sa madaling salita, ganito kung kumilos ang Banal na Espiritu, at sino man ang magkasala ay kailangang parusahan. Ang Banal na Espiritu ay walang damdamin, at walang pakialam sa kasalukuyan mong pagkaunawa. Kung nagkasala ka sa Diyos ngayon, parurusahan ka Niya. Kung nagkasala ka sa Kanya sa loob ng saklaw ng Kanyang awtoridad, hindi ka Niya palalagpasin. Wala Siyang pakialam kung gaano ka kaseryoso sa pagsunod mo sa mga salita ni Jesus. Kung lumabag ka sa mga utos ng Diyos ngayon, parurusahan ka Niya, at hahatulan ng kamatayan. Paano naging katanggap-tanggap sa iyo na huwag sundin ang mga ito? Kailangan mong sumunod, kahit nangangahulugan ito ng pagdurusa ng kaunting kirot! Anumang relihiyon, sektor, bansa, o denominasyon, sa hinaharap ay kailangan nilang sumunod na lahat sa mga pagsasagawang ito. Walang sinumang hindi saklaw nito, at walang palalagpasin! Dahil ang mga ito ang gagawin ng Banal na Espiritu ngayon, at walang sinumang maaaring lumabag sa mga ito. Bagama't hindi ito malalaking bagay,

kailangang gawin ito ng bawat tao at ito ang mga utos na itinakda ni Jesus, na nabuhay na mag-uli at umakyat sa langit, para sa tao. Hindi ba sinasabi sa “Ang Landas ... 7” na ang pakahulugan ni Jesus kung ikaw ay matuwid o makasalanan ay ayon sa iyong saloobin sa Diyos ngayon? Walang sinumang maaaring hindi pumansin sa puntong ito. Sa Kapanahunan ng Kautusan, sunud-sunod na henerasyon ng mga Pariseo ang naniwala sa Diyos, ngunit sa pagdating ng Kapanahunan ng Biyaya, hindi nila nakilala si Jesus, at kinontra nila Siya. Kaya nga lahat ng ginawa nila ay nawalan ng saysay at nawalan ng kabuluhan, at hindi tinanggap ng Diyos ang kanilang mga gawa. Kung matatalos mo ito, hindi ka madaling magkakasala. Naikumpara na, marahil, ng maraming tao ang kanilang sarili sa Diyos. Ano ang pakiramdam ng pagkontra sa Diyos? Mapait ba o matamis? Dapat mo itong maunawaan; huwag kang magkunwaring hindi mo alam. Sa kanilang puso, marahil, nananatiling hindi kumbinsido ang ilang tao. Subalit pinapayuhan kita na subukin mo ito at nang makita mo—tingnan mo kung ano ang pakiramdam nito. Pipigilan nito ang maraming tao na palaging maghinala tungkol dito. Maraming taong nagbabasa ng mga salita ng Diyos subalit lihim Siyang kinontra sa kanilang puso. Matapos Siyang kontrahin nang ganito, hindi mo ba nararamdaman na parang may kutsilyong nakapilipit sa puso mo? Kung hindi ito kawalan ng pagkakaisa sa pamilya, ito ay kawalan ng pisikal na ginhawa, o pagdurusa ng mga anak. Bagama’t hindi namatay ang iyong katawan, hindi ka iiwanan ng kamay ng Diyos. Palagay mo ba ganoon lamang iyon kasimple? Lalo na, mas kailangan pa nga ng maraming malapit sa Diyos na magtuon dito. Sa paglipas ng panahon, malilimutan mo ito, at, hindi mo namamalayan, mahuhulog ka sa tukso at hindi mo mapapansin ang lahat, at ito ang magiging simula ng iyong pagkakasala. Mukha bang walang kuwenta ito para sa iyo? Kung kaya mong gawin ito nang maayos, mayroon kang pagkakataon na magawang perpekto—na humarap sa Diyos at tumanggap ng Kanyang patnubay mula sa Kanyang sariling bibig. Kung wala kang ingat, magkakaroon ka ng problema—magiging suwail ka sa Diyos, magiging pasaway ang iyong mga salita at kilos, at sa malao’t madali ay matatangay ka ng malalaking unos at malalakas na alon. Dapat tandaan ng bawat isa sa inyo ang mga utos na ito. Kung lalabagin mo ang mga ito, bagama’t maaaring hindi ka sumpain ng taong pinatotohanan ng Diyos, hindi pa tapos sa iyo ang Espiritu ng Diyos, hindi ka Niya palalagpasin. Matitiis mo ba ang mga bunga ng iyong pagkakasala? Sa gayon, anuman ang sabihin ng Diyos, kailangan mong isagawa ang Kanyang mga salita, at kailangan mong sundin ang mga ito sa anumang paraang kaya mo. Hindi ito simpleng bagay!

Dumating Na ang Milenyong Kaharian

Nakita na ba ninyo kung anong gawain ang magagawa ng Diyos sa pangkat na ito ng mga tao? Sinabi minsan ng Diyos, kahit na sa Milenyong Kaharian ay dapat pa ring

sundin ng mga tao ang mga pagbigkas Niya pasulong, at sa hinaharap ang mga pagbigkas ng Diyos ay tuwirang gagabay sa buhay ng tao sa mabuting lupain ng Canaan. Noong nasa ilang si Moises, tuwirang nagtagubilin at nakipag-usap sa kanya ang Diyos. Mula sa langit ay nagpadala ang Diyos ng pagkain, tubig, at mana upang tamasahin ng mga tao, at ngayon ay ganito pa rin: Ang Diyos ay ang Siya Mismong nagpadala ng mga bagay na makakain at maiinom upang tamasahin ng mga tao, at Siya Mismo ang nagpadala ng mga sumpa upang kastiguhin ang mga tao. At sa gayon, bawat yugto ng Kanyang gawain ay personal na isinasakatuparan ng Diyos. Ngayon, hinahangad ng mga tao ang pangyayari ng mga katotohanan, hinahangad nila ang mga tanda at mga kababalaghan, at maaaring iwaksi ang lahat ng ganoong mga tao, dahil lalong nagiging praktikal ang gawain ng Diyos. Walang nakaaalam na bumaba ang Diyos mula sa langit, lingid din sa kaalaman nila na nagpadala ang Diyos ng pagkain at mga toniko mula sa langit—subalit talagang umiiral ang Diyos, at ang mga nakagaganyak na tagpo ng Milenyong Kaharian na naguguni-guni ng mga tao ay siya ring mga sariling pagbigkas ng Diyos. Katotohanan ito, at ito lamang ang tinatawag na paghahari sa lupa kasama ng Diyos. Tumutukoy sa pagkakatawang-tao ang paghahari sa lupa kasama ng Diyos. Hindi umiiral sa lupa ang hindi sa pagkakatawang-tao, at sa gayon ang lahat ng yaong mga tumutuon sa pagpunta sa ikatlong langit ay ginagawa ito nang walang kabuluhan. Isang araw, kapag nagbabalik sa Diyos ang buong sansinukob, susunod sa mga pagbigkas Niya ang sentro ng gawain Niya sa buong kosmos; sa ibang dako, may ilang mga taong gagamit ng telepono, ang ilan ay sasakay sa eroplano, ang ilan ay sasakay sa bangka patawid sa dagat, at ang ilan ay gagamit ng mga sinag upang makatanggap ng mga pagbigkas ng Diyos. Magiging masintahin ang lahat, at mapanabik, mapapalapit silang lahat sa Diyos, at magtitipun-tipon tungo sa Diyos, at sasamba lahat sa Diyos—at ang lahat ng ito ay magiging ang mga gawa ng Diyos. Tandaan ito! Tiyak na hindi kailanman magsisimulang muli ang Diyos sa ibang dako. Gagawin ng Diyos ang katotohanang ito: Gagawin Niyang pumunta sa harapan Niya ang lahat ng mga tao sa buong sansinukob at sambahin ang Diyos sa lupa, at titigil ang gawain Niya sa ibang mga lugar, at mapipilitan ang mga tao na hangarin ang tunay na daan. Magiging katulad ito ni Jose: Lumapit ang lahat sa kanya para sa pagkain, at yumukod pababa sa kanya, sapagkat mayroon siyang mga bagay na makakain. Upang maiwasan ang taggutom, mapipilitan ang mga tao na hangarin ang tunay na daan. Magdurusang matinding taggutom ang buong relihiyosong pamayanan, at tanging ang Diyos ng ngayon ang bukal ng buhay na tubig, na nagtataglay ng walang-hanggang umaagos na bukal na inilaan para sa pagtatamasa ng tao, at darating ang mga tao at aasa sa Kanya. Iyon ang oras kung kailan mabubunyag ang mga gawa ng Diyos at kung kailan magtatamo ng kaluwalhatian ang Diyos; sasamba sa hindi kapansin-pansing “taong” ito ang lahat ng mga tao sa buong sansinukob. Hindi ba ito ang magiging araw ng luwalhati ng Diyos? Isang araw, magpapadala ng mga telegrama ang mga matatandang pastor na naghahangad ng tubig mula sa bukal ng buhay na tubig. Matatanda na sila, subalit

darating pa rin sila upang sumamba sa taong ito, na minaliit nila. Kikilalanin nila Siya sa mga bibig nila at magtitiwala sa Kanya sa mga puso nila—hindi ba ito isang tanda at isang kababalaghan? Kapag nagagalak ang buong kaharian ay magiging araw ng luwalhati ng Diyos, at kung sinuman ang darating sa inyo at tatanggap sa mabuting balita ng Diyos ay pagpapalain ng Diyos, at ang mga bansa at ang mga taong gagawin ito ay pagpapalain at aalagaan ng Diyos. Magiging ganito ang hinaharap na pangangasiwa: Yaong mga makakamit ang mga pagbigkas mula sa bibig ng Diyos ay magkakaroon ng landas na lalakaran sa lupa, at maging sila man ay mga mangangalakal o mga siyentipiko, o mga tagapagturo o mga industriyalista, mahihirapang gumawa kahit isang hakbang yaong mga walang mga salita ng Diyos, at mapipilitan silang hangarin ang tunay na daan. Ito ang ibig sabihin ng, “Kasama ang katotohanan ay lalakarin mo ang buong mundo; nang walang katotohanan, wala kang mararating.” Ganito ang mga katotohanan: Gagamitin ng Diyos ang Daan (na nangangahulugang lahat ng mga salita Niya) upang atasan ang buong sansinukob at pamahalaan at lupigin ang sangkatauhan. Palaging umaasa ang mga tao sa malaking pagbabago sa mga paraan kung saan gumagawa ang Diyos. Sa malinaw na pananalita, sa pamamagitan ng mga salita pinamamahalaan ng Diyos ang mga tao, at dapat mong gawin ang sinasabi Niya nais mo man o hindi; isa itong walang-kinikilingang katotohanan, at dapat sundin ng lahat, at kaya ito rin ay walang tinag, at alam ng lahat.

Nagbibigay ang Banal na Espiritu ng isang damdamin sa mga tao. Pagkatapos basahin ang mga salita ng Diyos, sa mga puso nila nararamdaman ng mga tao na matatag at mapayapa sila, habang yaong mga hindi nakakamit ang mga salita ng Diyos ay nararamdaman ang kahungkagan. Ganito ang kapangyarihan ng mga salita ng Diyos. Dapat basahin ng mga tao ang mga iyon, at matapos nilang basahin ang mga iyon sila ay mabubusog, at hindi sila makagagawa nang wala ang mga iyon. Tulad ito ng kapag humihithit ng opyo ang mga tao: Nagbibigay ito ng lakas sa kanila, at kung wala ito ay nararamdaman nila ang makapangyarihang paghatak nito, at wala silang lakas. Ganoon ang pagkahilig ng mga tao ngayon. Nagbibigay ng lakas sa mga tao ang pagbabasa ng mga salita ng Diyos. Kung hindi nila babasahin ang mga iyon, nakararamdam sila ng katamlayan, ngunit matapos nilang basahin ang mga iyon, agad silang bumabangon mula sa mga “kinararatayan” nila. Ito ang salita ng Diyos na gumagamit ng kapangyarihan sa lupa at ang Diyos na naghahari sa lupa. May ilang tao na nais lumisan, o napagod na sa gawain ng Diyos. Anupaman, hindi sila maaaring humiwalay mula sa mga salita ng Diyos; gaano man sila kahina, dapat pa rin silang mamuhay sa mga salita ng Diyos, at gaano man sila kamapanghimagsik, hindi pa rin sila nangangahas iwanan ang mga salita ng Diyos. Kapag tunay na ipinakikita ng mga salita ng Diyos ang lakas nila ay kapag naghahari at gumagamit ng kapangyarihan ang Diyos; ganito kung paano gumagawa ang Diyos. Ito, matapos ang lahat, ay ang mga paraan sa kung saan gumagawa ang Diyos, at walang maaaring iwan ito. Lalaganap ang mga salita ng Diyos sa hindi mabilang na mga tahanan, magiging kilala sila sa lahat, at saka lamang

lalaganap ang gawain Niya sa buong sansinukob. Na ang ibig sabihin, kung ang gawain ng Diyos ay lalaganap sa buong sansinukob, dapat ipalaganap ang mga salita Niya. Sa araw ng luwalhati ng Diyos, ipakikita ng mga salita ng Diyos ang kanilang kapangyarihan at awtoridad. Magagawa at magaganap ang bawat isa sa mga salita Niya mula pa sa panahong hindi na abot ng gunita hanggang ngayon. Sa paraang ito, ang luwalhati ay mapapasa-Diyos sa lupa—na ang ibig sabihin, maghahari ang mga salita Niya sa lupa. Kakastiguhin ng mga salitang sinabi mula sa bibig ng Diyos ang lahat ng buktot, pagpapalain ng mga salitang sinabi mula sa bibig Niya ang lahat ng matuwid, at ang lahat ay itatatag at gagawing ganap ng mga salitang sinabi mula sa bibig Niya. Ni hindi Siya magpapamalas ng anumang mga tanda o mga kababalaghan; magagawa ang lahat ng mga salita Niya, at magbubunga ng mga katotohanan ang mga salita Niya. Ipagdiriwang ng lahat ng nasa lupa ang mga salita ng Diyos, maging mga nasa hustong gulang man sila o mga bata, lalaki, babae, matanda, o bata, magpapasakop sa ilalim ng mga salita ng Diyos ang lahat ng mga tao. Nagpapakita sa katawang-tao ang mga salita ng Diyos, pinahihintulutan ang mga tao na makita ang mga ito sa lupa, matingkad at makatotohanan. Ito ang kahulugan upang magkatawang-tao ang Salita. Dumating ang Diyos sa lupa, una sa lahat, upang magawa ang katotohanan ng “nagkatawang-tao ang Salita,” na ang ibig sabihin, dumating Siya upang maibigay mula sa katawang-tao ang mga salita Niya (hindi katulad ng panahon ni Moises sa Lumang Tipan, kung kailan tuwirang lumabas ang tinig ng Diyos mula sa himpapawid). Matapos iyon, matutupad ang lahat ng mga salita Niya sa Kapanahunan ng Milenyong Kaharian, magiging mga katotohanan sila na tambad sa harap ng mga mata ng mga tao, at pagmamasdan sila ng mga tao gamit ang sarili nilang mga mata nang walang kahit bahagyang pagkakaiba-iba. Ito ang sukdulang kahulugan ng pagkakatawang-tao ng Diyos. Na ang ibig sabihin, nagagawa ang gawain ng Espiritu sa pamamagitan ng katawang-tao, at sa pamamagitan ng mga salita. Ito ang tunay na kahulugan ng “nagkatawang-tao ang Salita” at “ang pagpapakita ng Salita sa katawang-tao.” Tanging ang Diyos ang maaaring magsalita ng kalooban ng Espiritu, at tanging ang Diyos sa katawang-tao ang maaaring magsalita sa ngalan ng Espiritu; ginawang payak ang mga salita ng Diyos sa Diyos na nagkatawang-tao, at ang lahat ng iba ay ginagabayan ng mga iyon. Walang sinuman ang nakabukod, umiiral silang lahat sa loob ng saklaw na ito. Tanging mula sa mga pagbigkas na ito maaaring maging may kamalayan ang mga tao; nananaginip nang gising yaong mga hindi nagkakamit sa paraang ito kung iniisip nilang maaari nilang makamit ang mga pagbigkas mula sa langit. Ganoon ang awtoridad na ipinakikita sa katawang-tao ng Diyos, na nagdudulot sa lahat na paniwalaan ito nang may ganap na pananalig. Kahit na ang pinakakagalang-galang na mga dalubhasa at mga relihiyosong pastor ay hindi maaaring magsalita ng mga salitang ito. Dapat magpasakop silang lahat sa ilalim ng mga ito, at walang makagagawa ng isa pang simula. Gagamitin ng Diyos ang mga salita upang lupigin ang sansinukob. Gagawin Niya ito hindi sa katawang-tao Niya, kundi sa pamamagitan ng paggamit ng mga pagbigkas mula sa bibig ng Diyos na nagkatawang-tao

upang lupigin ang lahat ng mga tao sa buong sansinukob; tanging ito ang Salita na nagkatawang-tao, at tanging ito ang pagpapakita ng Salita sa katawang-tao. Marahil, sa mga tao, lumilitaw na parang hindi nakagagawa ng maraming gawain ang Diyos—ngunit kailangan lamang bigkasin ng Diyos ang mga salita Niya, at lubusan silang mapaniniwala at mapahahanga. Nang walang katotohanan, sumisigaw at humihiyaw ang mga tao; sa mga salita ng Diyos, nananahimik sila. Tiyak na magagawa ng Diyos ang katotohanang ito, sapagkat ito ang matagal nang itinatag na plano ng Diyos: magawa ang katotohanan ng pagdating ng Salita sa lupa. Talaga lamang, walang pangangailangan para magpaliwanag Ako—ang pagdating ng Milenyong Kaharian sa lupa ay ang pagdating ng mga salita ng Diyos sa lupa. Ang pagbaba ng Bagong Jerusalem mula sa langit ay ang pagdating ng mga salita ng Diyos upang mamuhay sa gitna ng tao, upang samahan ang bawat kilos ng tao at sa lahat ng mga pinakaloob na saloobin niya. Isa rin itong katotohanang magagawa ng Diyos; ito ang kagandahan ng Milenyong Kaharian. Ito ang planong itinakda ng Diyos: Magpapakita ang mga salita Niya sa lupa nang isang libong taon, at ipamamalas ng mga ito ang lahat ng mga gawa Niya, at gagawing ganap ang lahat ng gawain Niya sa lupa, na pagkatapos nito ang yugtong ito ng sangkatauhan ay darating sa katapusan.

Kumusta ang Kaugnayan Mo sa Diyos?

Sa paniniwala sa Diyos, kahit paano ay kailangan mong lutasin ang isyu tungkol sa pagkakaroon ng isang normal na kaugnayan sa Diyos. Kung wala kang normal na kaugnayan sa Diyos, nawawalan ng kabuluhan ang iyong paniniwala sa Diyos. Ang pagtatatag ng isang normal na kaugnayan sa Diyos ay lubos na nakakamtan sa pagkakaroon ng pusong tahimik sa presensya ng Diyos. Ang pagkakaroon ng normal na kaugnayan sa Diyos ay nangangahulugan ng kakayahang hindi pagdudahan o tanggihan ang anuman sa Kanyang gawain at magpasakop sa Kanyang gawain. Nangangahulugan ito ng pagkakaroon ng mga tamang layunin sa presensya ng Diyos, hindi paggawa ng mga plano para sa sarili mo, at pagsasaalang-alang muna sa mga interes ng pamilya ng Diyos sa lahat ng bagay; nangangahulugan ito ng pagtanggap sa pagsusuri ng Diyos at pagsunod sa mga plano ng Diyos. Kailangan mong magawang patahimikin ang iyong puso sa presensya ng Diyos sa lahat ng iyong ginagawa. Kahit hindi mo nauunawaan ang kalooban ng Diyos, kailangan mo pa ring tuparin ang iyong mga tungkulin at responsibilidad sa abot ng iyong makakaya. Kapag nabunyag na sa iyo ang kalooban ng Diyos, kumilos ayon dito, at hindi na magiging huli ang lahat. Kapag naging normal ang iyong kaugnayan sa Diyos, magkakaroon ka rin ng normal na mga kaugnayan sa mga tao. Para magkaroon ng isang normal na kaugnayan sa Diyos, dapat maitatag ang lahat sa pundasyon ng mga salita ng Diyos, dapat magampanan mo ang iyong tungkulin alinsunod sa mga salita ng Diyos at sa kung ano ang hinihingi ng Diyos,

dapat mong ituwid ang mga pananaw mo, at dapat mong hanapin ang katotohanan sa lahat ng bagay. Dapat mong isagawa ang katotohanan kapag nauunawaan mo ito, at kahit ano pang mangyari sa iyo, dapat kang manalangin sa Diyos at maghanap nang may pusong masunurin sa Diyos. Sa pagsasagawa nang ganito, mapapanatili mo ang isang normal na kaugnayan sa Diyos. Kasabay ng pagganap mo nang maayos sa iyong tungkulin, dapat mo ring tiyakin na wala kang ginagawang anumang bagay na hindi kapaki-pakinabang sa pagpasok sa buhay ng mga hinirang ng Diyos, at wala kang sinasabi na hindi makakatulong sa mga kapatid. Kahit papaano man lang, dapat wala kang gawin na labag sa iyong konsensya at hinding-hindi ka dapat gumawa ng anumang bagay na nakakahiya. Hinding-hindi mo dapat gawin, lalong-lalo na, iyong pagrerebelde o paglaban sa Diyos, at hindi mo dapat gawin ang anumang bagay na nakakaabala sa gawain o buhay ng iglesia. Maging makatarungan at marangal sa lahat ng bagay na ginagawa mo at tiyakin na bawat kilos mo ay kaaya-aya sa harap ng Diyos. Bagama't maaaring mahina ang laman kung minsan, kailangan mong magawang unahin ang mga interes ng pamilya ng Diyos, nang walang pag-iimbot para sa sarili mong kapakinabangan, nang walang ginagawang anumang bagay na makasarili o kasuklam-suklam, na madalas na pinagninilayan ang sarili. Sa ganitong paraan, magagawa mong madalas na mamuhay sa harap ng Diyos, at ang kaugnayan mo sa Diyos ay magiging normal na normal.

Sa lahat ng ginagawa mo, kailangan mong siyasatin kung ang iyong mga layunin ay tama. Kung nagagawa mong kumilos ayon sa mga kinakailangan ng Diyos, ang iyong kaugnayan sa Diyos ay normal. Ito ang pinakamababang pamantayan. Usisain mo ang iyong mga layunin, at kung malaman mo na nagkaroon ng mga maling layunin, talikuran mo ang mga ito at kumilos ka ayon sa mga salita ng Diyos; sa gayon ay magiging isa kang taong matuwid sa harap ng Diyos, na nagpapakita naman na ang iyong kaugnayan sa Diyos ay normal, at na lahat ng iyong ginagawa ay para sa kapakanan ng Diyos, hindi para sa iyong sariling kapakanan. Sa lahat ng iyong ginagawa at lahat ng iyong sinasabi, itama ang iyong puso at maging matuwid sa iyong mga kilos, at huwag patangay sa iyong mga damdamin, ni huwag kumilos ayon sa sarili mong kalooban. Ito ang mga prinsipyong kailangang sundin ng mga sumasampalataya sa Diyos sa kanilang pag-uugali. Ang maliliit na bagay ay maaaring ibunyag ang mga layunin at tayog ng isang tao, kaya nga, para makapasok ang isang tao sa landas ng pagpeperpekto ng Diyos, kailangan muna nilang ituwid ang kanilang mga layunin at ang kanilang kaugnayan sa Diyos. Kapag ang iyong kaugnayan sa Diyos ay normal, saka ka lamang Niya magagawang perpekto; saka lamang makakamtan ng pakikitungo, pagpupungos, pagdidisiplina, at pagpipino ng Diyos ang epektong nilayon ng mga ito sa iyo. Ibig sabihin, kung nagagawa ng mga tao na laging isapuso ang Diyos at hindi maghangad ng personal na pakinabang o isipin ang sarili nilang mga personal na inaasam (sa makamundong kahulugan), kundi sa halip ay dinadala nila ang pasanin ng pagpasok sa buhay, ginagawa nila ang lahat upang patuloy na hangarin ang katotohanan, at

nagpapasakop sila sa gawain ng Diyos—kung magagawa mo ito, ang mga layunin na patuloy mong pinagsisikapan ay magiging tama, at ang iyong kaugnayan sa Diyos ay magiging normal. Ang pagtatama sa kaugnayan ng isang tao sa Diyos ay maaaring tawaging unang hakbang sa pagpasok sa espirituwal na paglalakbay. Bagama't ang kapalaran ng tao ay nasa mga kamay ng Diyos at itinatakda ng Diyos, at hindi mababago ng tao, maaari ka mang gawing perpekto ng Diyos o maangkin Niya ay nakasalalay sa kung normal ang iyong kaugnayan sa Diyos. Maaaring may mga bahagi kang mahina at masuwayin—ngunit basta't tama ang iyong mga pananaw at iyong mga layunin, at basta't tama at normal ang iyong kaugnayan sa Diyos, karapat-dapat kang gawing perpekto ng Diyos. Kung hindi tama ang kaugnayan mo sa Diyos, at kumikilos ka para sa kapakanan ng laman o ng iyong pamilya, gaano ka man magsikap sa trabaho, mawawalan iyon ng saysay. Kung ang iyong kaugnayan sa Diyos ay normal, lahat ng iba pa ay malalagay sa lugar. Wala nang ibang tinitingnan ang Diyos, kundi kung tama ang iyong mga pananaw sa iyong paniniwala sa Diyos: sino ang iyong pinaniniwalaan, para kaninong kapakanan ka naniniwala, at bakit ka naniniwala. Kung nagagawa mong makita nang malinaw ang mga bagay na ito at isinasagawa mo nang nasa tama ang iyong mga pananaw, susulong ka sa buhay mo, at garantisado ka ring makakapasok sa tamang landas. Kung hindi normal ang iyong kaugnayan sa Diyos, at lihis ang mga pananaw sa iyong paniniwala sa Diyos, walang-saysay ang lahat ng iba pa, at gaano katatag ka man naniniwala, wala kang mapapala. Matapos maging normal ang iyong kaugnayan sa Diyos, saka ka lamang magtatamo ng papuri mula sa Kanya kapag ikaw ay tumatalikod sa laman, nagdarasal, nagdurusa, nagtitiis, nagpapasakop, tumutulong sa iyong mga kapatid, gumugugol ng sarili mo nang higit pa para sa Diyos, at iba pa. May halaga at kabuluhan man ang ginagawa mo ay nakasalalay sa kung ang iyong mga layunin ay tama at kung ang iyong mga pananaw ay tama. Sa panahong ito, maraming taong naniniwala sa Diyos na para bang ikinikiling nila ang kanilang ulo para tumingin sa isang relo—ang kanilang mga pananaw ay baliko, at kailangang itama ang mga ito sa isang pambihirang tagumpay. Kung malutas ang problemang ito, magiging maayos ang lahat; kung hindi, lahat ay mawawalan ng saysay. Maayos ang kilos ng ilang tao sa Aking presensya, ngunit pagtalikod Ko, wala silang ibang ginagawa kundi labanan Ako. Ito ay isang pagpapamalas ng kabuktutan at panlilinlang, at ang ganitong uri ng tao ay isang lingkod ni Satanas; sila ang tipikal na sagisag ni Satanas, na dumating upang subukin ang Diyos. Ikaw ang angkop na tao kung nagagawa mo lamang na magpasakop sa Aking gawain at sa Aking mga salita. Basta't nagagawa mong kainin at inumin ang mga salita ng Diyos; basta't lahat ng ginagawa mo ay kaaya-aya sa harap ng Diyos at kumikilos ka nang makatarungan at marangal sa lahat ng iyong ginagawa; basta't hindi ka gumagawa ng kahiya-hiyang mga bagay, o ng mga bagay na makapipinsala sa buhay ng iba; at basta't nabubuhay ka sa liwanag at hindi mo tinutulatang pagsamantalahan ka ni Satanas, nasa wastong kaayusan ang iyong kaugnayan sa Diyos.

Sa paniniwala sa Diyos, kailangan mong ilagay sa wastong kaayusan ang iyong mga

layunin at pananaw; kailangan kang magkaroon ng tamang pagkaunawa at tamang pagtrato sa mga salita ng Diyos at sa gawain ng Diyos, sa lahat ng sitwasyong isinasaayos ng Diyos, sa taong pinatotohanan ng Diyos, at sa praktikal na Diyos. Hindi ka dapat magsagawa ayon sa sarili mong mga ideya o magplano ng sarili mong mga hamak na pakana. Anuman ang gawin mo, kailangan mong magawang hangarin ang katotohanan at, sa iyong posisyon bilang isang nilikha, magpasakop sa buong gawain ng Diyos. Kung gusto mong patuloy na sikapin na magawang perpekto ng Diyos at makapasok sa tamang landas ng buhay, kailangang mabuhay palagi ang puso mo sa presensya ng Diyos. Huwag magpakasama, huwag sundan si Satanas, huwag bigyan si Satanas ng anumang mga pagkakataong isagawa ang gawain nito, at huwag hayaang kasangkapanin ka ni Satanas. Kailangan mong ibigay nang lubusan ang sarili mo sa Diyos at hayaang pamahalaan ka ng Diyos.

Handa ka bang maging lingkod ni Satanas? Handa ka bang pagsamantalahan ni Satanas? Naniniwala ka ba sa Diyos at patuloy mo ba Siyang sinusundan upang magawa ka Niyang perpekto, o upang ikaw ay maging isang panghambing para sa gawain ng Diyos? Mas gugustuhin mo ba ang isang makabuluhang buhay kung saan inaangkin ka ng Diyos, o ang isang walang-kuwenta at hungkag na buhay? Mas gusto mo bang kasangkapanin ka ng Diyos, o pagsamantalahan ni Satanas? Mas gusto mo bang hayaang mapuspos ka ng mga salita at katotohanan ng Diyos, o hayaang puspusin ka ng kasalanan at ni Satanas? Isiping mabuti ang mga bagay na ito. Sa iyong pang-araw-araw na buhay, kailangan mong maunawaan kung alin ang mga salitang sasabihin mo at ang mga bagay na maaaring magsanhi ng abnormalidad sa iyong kaugnayan sa Diyos, at pagkatapos ay ituwid ang iyong sarili at pumasok sa tamang paraan. Sa lahat ng pagkakataon, suriin ang iyong mga salita, ang iyong mga kilos, ang iyong bawat hakbang, at lahat ng iyong saloobin at ideya. Magtamo ng wastong pagkaunawa tungkol sa iyong tunay na kalagayan at pumasok sa landas ng gawain ng Banal na Espiritu. Ito lamang ang paraan para magkaroon ng normal na kaugnayan sa Diyos. Sa pagsusuri kung normal ang iyong kaugnayan sa Diyos, magagawa mong itama ang iyong mga layunin, maunawaan ang kalikasan at diwa ng tao, at tunay na maunawaan ang iyong sarili, at, sa paggawa nito, magagawa mong makapasok sa mga tunay na karanasan, talikdan ang iyong sarili sa isang tunay na paraan, at sadyaing magpasakop. Habang dinaranas mo ang mga bagay na ito tungkol sa kung ang iyong kaugnayan sa Diyos ay normal o hindi, makakahanap ka ng mga pagkakataong magawang perpekto ng Diyos at magagawa mong maunawaan ang maraming kalagayan ng Banal na Espiritu. Magagawa mo ring makita ang marami sa mga panloloko ni Satanas at matalos ang mga pakikipagsabwatan nito. Ang landas na ito lamang ang humahantong sa pagpeperpekto ng Diyos. Itama mo ang iyong kaugnayan sa Diyos, upang makapagpasakop ka nang lubusan sa Kanyang mga plano, at makapasok ka nang mas malalim sa tunay na karanasan at makatanggap ng mas marami pang gawain ng Banal na Espiritu. Kapag isinagawa mo ang pagkakaroon ng isang normal na kaugnayan sa Diyos, kadalasan,

magtatagumpay ka sa pamamagitan ng pagtalikod sa laman at tunay na pakikipagtulungan sa Diyos. Dapat mong maunawaan na “kung wala ang pusong nakikipagtulungan, mahirap tanggapin ang gawain ng Diyos; kung hindi nagdurusa ang laman, walang mga pagpapala mula sa Diyos; kung hindi nagpupunyagi ang espiritu, hindi mapapahiya si Satanas.” Kung isinasagawa mo ang mga prinsipyong ito at lubos mong nauunawaan ang mga ito, maitatama ang mga pananaw ng iyong paniniwala sa Diyos. Sa inyong kasalukuyang pagsasagawa, kailangan ninyong alisin sa inyong isipan ang pananaw na “lahat ay ginagawa ng Banal na Espiritu at hindi nagagawang makialam ng mga tao.” Iniisip ng lahat ng nagsasabi nito, “Magagawa ng mga tao ang anumang nais nila, at pagdating ng panahon, gagawin ng Banal na Espiritu ang Kanyang gawain. Hindi na kailangang pigilan ng mga tao ang laman o makipagtulungan; ang mahalaga ay maantig sila ng Banal na Espiritu.” Ang mga opinyong ito ay kakatwang lahat. Sa ilalim ng gayong sitwasyon, hindi nakakagawa ang Banal na Espiritu. Ito ang uri ng pananaw na lubos na nakakahadlang sa gawain ng Banal na Espiritu. Kadalasan, ang gawain ng Banal na Espiritu ay natatamo sa pamamagitan ng pagtutulongan ng mga tao. Yaong mga hindi nakikipagtulungan at walang matibay na pagpapasiya, subalit nais magtamo ng pagbabago sa kanilang disposisyon at tumanggap ng gawain ng Banal na Espiritu at ng kaliwanagan at pagpapalinaw mula sa Diyos, ay talagang maluho ang mga saloobin. Ito ay tinatawag na “pagpapaluho sa sarili at pagpapatawad kay Satanas.” Ang gayong mga tao ay walang normal na kaugnayan sa Diyos. Dapat kang makakita ng maraming pagbubunyag at pagpapakita ng napakasamang disposisyon sa iyong kalooban at makakita ng anumang mga pagsasagawa mo na salungat sa mga kinakailangan ng Diyos ngayon. Magagawa mo na bang talikdan si Satanas ngayon? Dapat kang magtamo ng normal na kaugnayan sa Diyos, kumilos alinsunod sa mga layunin ng Diyos, at maging isang bagong tao na may bagong buhay. Huwag mong palaging isipin ang mga dating paglabag; huwag kang masyadong malungkot; manindigan at makipagtulungan sa Diyos, at tuparin ang mga tungkuling dapat mong gampanan. Sa ganitong paraan, ang iyong kaugnayan sa Diyos ay magiging normal.

Kung sinasabi mo lamang, matapos basahin ito, na tinatanggap mo ang mga salitang ito, subalit hindi pa rin naaantig ang iyong puso, at hindi ka naghahangad na gawing normal ang iyong kaugnayan sa Diyos, pinatutunayan nito na hindi mo pinahahalagahan ang iyong kaugnayan sa Diyos. Pinatutunayan nito na ang iyong mga pananaw ay hindi pa naitatama, na ang iyong mga layunin ay hindi pa nakatalagang makamit ng Diyos at dulutan Siya ng kaluwalhatian, kundi sa halip ay nakatalagang tulutang manaig ang mga pakikipagsabwatan ni Satanas at makamit ang sarili mong mga layunin. Ang gayong mga tao ay nagkikimkim ng mga maling layunin at pananaw. Anuman ang sinasabi ng Diyos o kung paano man Niya ito sinasabi, nananatiling lubos na walang interes at ni hindi nagbabago ang gayong mga tao. Hindi nakadarama ng anumang takot ang kanilang puso at hindi sila nahihiya. Ang ganitong uri ng tao ay isang walang-kaluluwang mangmang. Basahin ang bawat pahayag ng Diyos at isagawa ang

mga ito sa sandaling maunawaan mo ang mga ito. Marahil ay may mga pagkakataon na mahina ang iyong laman, o naging suwail ka, o lumaban ka; paano ka man kumilos noong araw, maliit na bagay lamang iyan, at hindi nito mahahadlangan ang paglago ng iyong buhay ngayon. Basta't maaari kang magkaroon ng normal na kaugnayan sa Diyos ngayon, may pag-asa. Kung may pagbabago sa iyo tuwing babasahin mo ang mga salita ng Diyos, at masasabi ng iba na naging mas mabuti na ang iyong buhay, ipinakikita nito na normal na ang iyong kaugnayan sa Diyos, na naitama na ito. Hindi tinatrato ng Diyos ang mga tao ayon sa kanilang mga paglabag. Kapag nakaunawa ka na at nagkaroon ng kamalayan, basta't makakatigil ka sa pagsuway o paglaban, mahahabag pa rin ang Diyos sa iyo. Kung taglay mo ang pagkaunawa at matibay na pagpapasiya na patuloy na hangaring magawang perpekto ng Diyos, magiging normal ang iyong kalagayan sa presensya ng Diyos. Anuman ang iyong ginagawa, isaalang-alang ang mga sumusunod habang ginagawa mo ito: Ano ang iisipin ng Diyos kapag ginawa ko ito? Makikinabang ba rito ang aking mga kapatid? Magiging kapaki-pakinabang ba ito sa gawain ng tahanan ng Diyos? Sa pagdarasal man, sa pagbabahagi, sa pananalita, sa gawain, o sa pakikisalamuha sa iba, suriin ang iyong mga layunin, at tingnan kung normal ang iyong kaugnayan sa Diyos. Kung hindi mo mahiwatigan ang sarili mong mga layunin at saloobin, ibig sabihin ay wala kang pagtatangi, na nagpapatunay na kakaunting katotohanan lamang ang iyong nauunawaan. Kung nagagawa mong maunawaan nang malinaw ang lahat ng ginagawa ng Diyos, at nahihiwatigan mo ang mga bagay-bagay alinsunod sa Kanyang mga salita, pumapanig sa Kanya, magiging tama na ang iyong mga pananaw. Samakatuwid, ang pagtatatag ng mabuting kaugnayan sa Diyos ang pinakamahalaga sa sinumang naniniwala sa Diyos; dapat itong tratuhin ng lahat bilang isang gawaing napakahalaga at napakalaking kaganapan sa kanilang buhay. Lahat ng iyong ginagawa ay nasusukat sa kung ikaw ay may normal na kaugnayan sa Diyos. Kung normal ang iyong kaugnayan sa Diyos at tama ang iyong mga layunin, kumilos. Para mapanatili ang normal na kaugnayan sa Diyos, huwag kang matakot na makaranas ng mga kawalan sa iyong mga personal na interes; hindi mo maaaring tulutang manaig si Satanas, hindi mo maaaring tulutan si Satanas na maangkin ka, at hindi mo maaaring tulutan si Satanas na gawin kang katawa-tawa. Ang pagkakaroon ng gayong mga layunin ay isang tanda na ang iyong kaugnayan sa Diyos ay normal—hindi para sa kapakanan ng laman, kundi para sa kapayapaan ng espiritu, ito ay para matamo ang gawain ng Banal na Espiritu, at para mapalugod ang kalooban ng Diyos. Para makapasok sa tamang kalagayan, kailangan mong magtatag ng mabuting kaugnayan sa Diyos at itama ang iyong mga pananaw tungkol sa iyong paniniwala sa Diyos. Ito ay upang maangkin ka ng Diyos, at upang maipakita Niya ang mga bunga ng Kanyang mga salita sa iyo at liwanagan at pagliwanagin ka pa. Sa ganitong paraan, makakapasok ka na sa tamang paraan. Patuloy na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos sa ngayon, pumasok sa kasalukuyang paraan ng paggawa ng Banal na Espiritu, kumilos ayon sa mga kinakailangan ng Diyos sa ngayon, huwag sundin ang makalumang mga

pamamaraan ng pagsasagawa, huwag kumapit sa dating mga paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay, at pumasok sa kasalukuyang paraan ng paggawa sa lalong madaling panahon. Sa gayon, ang iyong kaugnayan sa Diyos ay magiging ganap na normal at makakapasok ka na sa tamang landas ng paniniwala sa Diyos.

Magtuon ng Higit na Pansin sa Realidad

Ang bawat tao ay posibleng gawing perpekto ng Diyos, kaya dapat maunawaan ng bawat isa kung anong paglilingkod sa Diyos ang pinakaangkop sa Kanyang mga layunin. Hindi alam ng karamihan sa mga tao kung ano ang kahulugan ng maniwala sa Diyos, at hindi rin nila nauunawaan kung bakit dapat silang maniwala sa Kanya—ibig sabihin nito, karamihan sa mga tao ay walang pagkaunawa sa gawain ng Diyos o sa layunin ng plano ng pamamahala ng Diyos. Sa kasalukuyan, iniisip pa rin ng karamihan sa mga tao na ang paniniwala sa Diyos ay tungkol sa pagpunta sa langit at sa kaligtasan ng kanilang mga kaluluwa. Wala silang ideya tungkol sa mismong kabuluhan ng paniniwala sa Diyos, at higit pa rito, wala silang anumang pagkaunawa tungkol sa pinakamahalagang gawain sa plano ng pamamahala ng Diyos. Dahil sa iba't ibang mga personal na dahilan, ang mga tao ay sadyang walang interes sa gawain ng Diyos, at hindi rin nila iniisip ang Kanyang mga layunin o ang Kanyang plano ng pamamahala. Bilang isang indibidwal sa agos na ito, dapat malaman ng bawat tao kung ano ang layunin ng kabuuang plano ng pamamahala ng Diyos, ang mga katotohanang matagal na Niyang tinupad, bakit pinili Niya ang grupong ito ng mga tao, kung ano ang layunin at kahalagahan ng pagpili Niya sa kanila, at kung ano ang nais Niyang matamo sa grupong ito. Upang makapagtatag ang Diyos ng ganitong grupo ng mga hindi kapansin-pansing tao sa bansa ng malaking pulang dragon, at makapagpatuloy ng Kanyang gawain hanggang sa ngayon, sinusubukan at ginagawa silang perpekto sa lahat ng uri ng mga paraan, nangungusap ng hindi mabilang na mga salita, nagsasagawa ng maraming gawain, at nagpapadala ng napakaraming mga kagamitang naglilingkod—ang paggawa ng Diyos ng ganitong kahanga-hangang gawain nang mag-isa ay nagpapakita kung gaano kahalaga ang Kanyang gawain. Sa ngayon, wala pa kayong kakayahan na lubos itong mapahalagahan. Kaya huwag ninyong ituring ang gawain na ginawa sa inyo ng Diyos bilang isang bagay na walang halaga; hindi ito isang maliit na bagay. Maging ang ipinakita sa inyo ng Diyos sa kasalukuyan ay sapat na upang subukan ninyong unawain ito nang malalim at alamin. Kapag tunay at ganap na ninyo itong nauunawaan, saka lamang lalalim ang inyong mga karanasan at lalago ang inyong buhay. Ang nauunawaan ng mga tao at ginagawa sa ngayon ay talagang napakakaunti; wala silang kakayahan na lubos na isakatuparan ang mga layunin ng Diyos. Ito ang kakulangan ng tao at ang kanilang kabiguan sa pagtupad ng kanilang tungkulin, at dahil dito, hindi nila kayang makamit ang resulta na nais nilang matamo. Ang Banal na Espiritu ay hindi nakakakilos sa maraming tao

sapagkat mayroon silang mababaw na pagkaunawa sa gawain ng Diyos, at hindi handang ituring ang gawain ng tahanan ng Diyos bilang isang bagay na mahalaga kapag ito ay kanilang ginagawa. Lagi silang sumusunod sa agos para lamang makaraos, o kaya ay sumusunod sila sa karamihan, o kumikilos lamang upang magpasikat. Sa kasalukuyan, dapat maalala ng bawat tao sa agos na ito kung nagawa na niya ang lahat ng kanyang makakaya sa kanyang kilos at gawa, at kung naibuhos na niya ang lahat ng kanyang pagsisikap. Ang mga tao ay lubos na nabigong tuparin ang kanilang mga tungkulin, hindi dahil sa hindi ginagawa ng Banal na Espiritu ang Kanyang gawain kundi dahil hindi ginagawa ng mga tao ang dapat nilang gawin, at dahil dito nagiging imposible para sa Banal na Espiritu na gawin ang Kanyang gawain. Wala nang masabi ang Diyos, ngunit ang mga tao ay hindi pa rin makasunod, masyado na silang napag-iwanan, hindi nila kayang sumabay sa bawat hakbang, at hindi nila kayang sundan nang malapitan ang mga yapak ng Cordero. Kung ano ang dapat nilang sundin ay hindi nila sinunod; kung ano ang dapat nilang gawin ay hindi nila ginawa; kung ano ang dapat nilang ipanalangin ay hindi nila ipinanalangin; kung ano ang dapat nilang isantabi ay hindi nila isinantabi. Hindi nila ginawa ang alinman sa mga bagay na ito. Dahil dito, ang usapan tungkol sa pagdalo sa piging ay walang saysay; ito ay walang tunay na kahulugan, at bahagi lamang ng kanilang imahinasyon. Maaaring sabihin na kung titingnan sa kasalukuyan, hindi naman binitawan ng mga tao ang kanilang tungkulin. Ang lahat ay nakasalalay sa paggawa at pagsasalita ng Diyos Mismo. Ang ginagampanan ng tao ay lubhang maliit; ang mga tao ay walang kabuluhang basura na walang kakayahang makipagtulungan sa Diyos. Ang Diyos ay nagsabi ng daan-daang libong mga salita, ngunit hindi isinagawa ng mga tao ang anuman sa mga ito—maging ito man ay pagtalikod sa laman, pagbasura sa mga kuru-kuro, pagsasagawa ng pagsunod sa Diyos sa lahat ng bagay habang nagkakaroon ng kakayahang kumilala at magkaroon ng kaalaman, hindi pagbibigay sa mga tao ng puwang sa kanilang puso, pag-aalis sa mga diyos-diyosan sa kanilang puso, paghihimagsik laban sa kanilang mga maling intensiyon, hindi pagkilos batay sa kanilang mga damdamin, paggawa sa mga bagay nang patas at walang kinikilingan, higit na pag-iisip tungkol sa mga interes ng Diyos at sa kanilang impluwensiya sa iba sa tuwing sila ay nagsasalita, paggawa ng mas maraming bagay para sa kapakanan ng gawain ng Diyos, pagsasaisip ng kapakanan ng tahanan ng Diyos sa lahat ng kanilang ginagawa, hindi pagpapahintulot sa kanilang mga damdamin na pamunuan ang kanilang pag-uugali, pagbabasura sa anumang nagugustuhan ng kanilang laman, pagwawaksi sa mga luma at makasariling mga kuru-kuro, at iba pa. Nauunawaan naman nila ang ilan sa lahat ng hinihingi ng Diyos sa tao, ngunit hindi lamang nila gustong isagawa ang mga ito. Ano pa ang magagawa ng Diyos at paano pa Niya sila mapapakilos? Paano nagagawa ng mga anak ng rebelyon sa mga mata ng Diyos na magkaroon pa rin ng lakas ng loob na makinig sa mga salita ng Diyos at hangaan ang mga ito? Paano sila nagkakaroon ng lakas ng loob na kainin ang pagkain ng Diyos? Nasaan ang konsensya ng mga tao? Hindi pa nila natutupad kahit

man lamang ang pinakamababa sa mga tungkulin na dapat nilang tuparin, wala pa rito ang paggawa ng lahat ng kanilang makakaya. Hindi ba't sila ay nabubuhay sa isang ilusyon? Walang magiging pag-uusap tungkol sa realidad kung walang pagsasagawa. Ito ay isang katotohanan na kasing linaw ng araw!

Dapat ay pinag-aaralan na ninyo ang mas makatotohanang mga aralin. Hindi kinakailangan ang mga mabulaklak na walang kabuluhan pananalita na hinahangaan ng mga tao. Pagdating sa pagsasalita tungkol sa kaalaman, ang bawat tao ay mas nakatataas kaysa sa nauna sa kanya, ngunit wala pa rin silang landas sa pagsasagawa. Gaano karaming tao ang nakaiintindi sa mga prinsipyo ng pagsasagawa? Gaano karami ang natuto ng mga tunay na aral? Sino ang makikipagbahagian tungkol sa realidad? Ang makapagsalita tungkol sa kaalaman sa mga salita ng Diyos ay hindi nangangahulugan na ikaw ay nagtataglay ng tunay na tayog; ipinakikita lamang nito na ikaw ay isinilang na matalino at likas na magaling. Wala pa rin itong saysay kung hindi mo maituturo ang daan, at ikaw ay magiging isang walang kabuluhan basura! Hindi ka ba nagpapanggap kung wala kang masasabi tungkol sa isang tunay na landas sa pagsasagawa? Hindi ka ba nagkukunwari kung hindi mo maiaalok ang iyong sariling mga karanasan sa iba, upang sa gayon ay mabigyan mo sila ng mga aral na maaari nilang matutunan o isang landas na maaari nilang sundan? Hindi ka ba mapanlinlang? Anong halaga ang taglay mo? Magagampanan lamang ng ganitong tao ang bahagi ng “imbentor ng teorya ng sosyalismo,” hindi ang “tagaambag sa pagpapairal ng sosyalismo.” Ang hindi pagkakaroon ng realidad ay hindi pagkakaroon ng katotohanan. Ang hindi pagkakaroon ng realidad ay pagiging isang bangkay na naglalakad. Ang hindi pagkakaroon ng realidad ay pagiging isang “Marxist-Leninist na palaisip,” na walang tinutukoy na halaga. Hinihimok Ko kayo na manahimik tungkol sa mga teorya at magsalita tungkol sa isang bagay na totoo, isang bagay na tunay at mahalaga; pag-aralan ang ilang “makabagong sining,” magsabi ng isang bagay na makatotohanan, mag-ambag ng isang bagay na totoo, at magkaroon ng espiritu ng dedikasyon. Harapin ang realidad kapag ikaw ay nagsasalita; huwag makibahagi sa di-makatotohanan at labis na pagsasalita upang paligayahin ang mga tao o umupo at pansinin ka. Nasaan ang halaga dito? Ano ang saysay ng paghikayat sa mga tao na maging magiliw sa iyo? Maging mas “masining” pa nang kaunti sa iyong pananalita, maging mas patas pa nang kaunti sa iyong pagkilos, maging mas makatwiran pa nang kaunti sa pangangasiwa mo sa mga bagay-bagay, maging mas praktikal pa nang kaunti sa iyong pananalita, isipin ang pagbibigay ng pakinabang sa tahanan ng Diyos sa iyong bawat kilos, makinig sa iyong konsensya tuwing ikaw ay nagiging emosyonal, huwag tumbasan ang kagandahang-loob ng pagkasuklam, o maging di-mapagpasalamat sa kagandahang loob, at huwag maging isang ipokrito, kundi baka ikaw ay maging isang masamang impluwensiya. Kapag kinakain mo at iniinom ang mga salita ng Diyos, mas iugnay mo ang mga ito sa realidad, at kapag ikaw ay nakikipagbahagian, mas magsalita tungkol sa makatotohanang mga bagay. Huwag maging mapanghamak; hindi ito

nakapagbibigay-kasiyahan sa Diyos. Sa mga pakikihalubilo mo sa iba, maging mas mapagparaya pa nang kaunti, mas mapagbigay pa nang kaunti, mas marangal pa nang kaunti, at matuto mula sa “espiritu ng punong ministro.”^a Kapag mayroon kang mga naiisip na hindi maganda, lalo pang isagawa ang pagtalikod sa laman. Kapag ikaw ay nagtatrabaho, mas magsalita ka tungkol sa makatotohanang mga landas, at huwag kang masyadong maging mataas, kung hindi, ang mga sinasabi mo ay hindi maaabot ng mga tao. Mas kaunting kagalakan, mas maraming ambag—ipakita ang iyong hindi makasariling espiritu ng dedikasyon. Mas isaalang-alang ang mga layunin ng Diyos, mas makinig sa iyong konsensya, maging mas maingat, at huwag kalimutan kung paano nakikipag-usap nang matiyaga at matapat sa inyo ang Diyos araw-araw. Basahin ang “lumang almanak” nang mas madalas. Manalangin nang mas madalas at makipagbahagian nang mas madalas. Huwag magpatuloy sa kalituhan; magpakita ng katinuan at dagdagan ang kaalaman. Kapag lumalabas ang iyong makasalanang kamay, hilahin mo ito pabalik; huwag itong hayaang maka-abot nang malayo. Wala itong pakinabang, at ang makukuha ninyo mula sa Diyos ay walang iba kundi mga sumpa, kaya maging maingat. Hayaan ninyong mahabag ang inyong puso sa iba at huwag palaging sumalakay na may hawak na mga sandata. Mas makipagbahagian tungkol sa kaalaman ng katotohanan at mas magsalita tungkol sa buhay, habang pinananatili ang espiritu ng pagtulong sa iba. Gumawa ng mas marami at magsalita nang mas kaunti. Mas maglaan sa pagsasagawa at bawasan ang pananaliksik at pagsusuri. Hayaang mas antigin kayo ng Banal na Espiritu, at bigyan ang Diyos ng mas maraming mga pagkakataon upang gawin kayong perpekto. Alisin ang mas maraming elemento ng tao; taglay mo pa rin ang napakaraming pamamaraan ng tao sa paggawa ng mga bagay, at ang iyong mababaw na paraan ng paggawa ng mga bagay at pag-uugali ay kasuklam-suklam pa rin sa iba: Alisin mo pa ang mas marami sa mga ito. Ang kalagayan ng iyong pag-iisip ay masyadong kasuklam-suklam pa rin; maglaan ng mas maraming oras upang baguhin ito. Binibigyan mo pa rin ang mga tao ng labis na katayuan; magbigay ng mas maraming katayuan sa Diyos at huwag maging di-makatwiran. Ang “templo” ay laging nasa pagmamay-ari ng Diyos at hindi dapat sakupin ng mga tao. Sa madaling salita, magtuon ng mas malaking pansin sa pagiging matuwid at bawasan ang pagtutuo sa mga nararamdaman. Pinakamainam na iwaksi ang laman. Mas magsalita tungkol sa realidad at bawasan ang pagsasalita tungkol sa kaalaman. Ang pinakamainam ay ang maging tahimik at huwag magsalita. Mas magsalita tungkol sa landas ng pagsasagawa, at bawasan ang walang kabuluhang pagyayabang. Pinakamainam na simulan ang pagsasagawa nito ngayon.

Ang hinihingi ng Diyos sa mga tao ay hindi ganoon katayog. Hangga’t masipag at taos-pusong nagsasagawa ang mga tao, tatanggap sila ng “pasadong marka.” Ang totoo, mas kumplikado pa ang pagtatamo ng pagkaunawa, kaalaman, at pagkaintindi sa

^a Ang espiritu ng punong ministro: Isang klasikong kasabihang Tsino na ginagamit para isalarawan ang isang tao na malawak ang pang-unawa at mapagkawanggawa.

katotohanan kaysa sa pagsasagawa ng katotohanan. Isagawa mo muna ang sa abot ng nauunawaan mo at isagawa kung anong naintindihan mo. Sa ganitong paraan, magagawa mong unti-unting makamit ang tunay na kaalaman at pagkaintindi sa katotohanan. Ito ang mga hakbang at kaparaanan kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu. Kung hindi mo isasagawa ang pagsunod sa ganitong paraan, wala kang makakamit. Kung lagi kang kumikilos ayon sa sarili mong kagustuhan, at hindi isinasagawa ang pagsunod, gagawa ba ang Banal na Espiritu sa loob mo? Gumagawa ba ang Banal na Espiritu ayon sa gusto mo? O gumagawa ba Siya ayon sa kung ano ang kulang sa iyo, at batay sa mga salita ng Diyos? Kung hindi ito malinaw sa iyo, hindi ka makakapasok sa realidad ng katotohanan. Bakit ba labis na nagsisikap ang karamihan sa mga tao sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos, ngunit nagkamit lamang ng kaalaman at walang masabing anuman tungkol sa isang tunay na landas pagkatapos? Sa palagay mo, ang pagkakaroon ba ng kaalaman ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng katotohanan? Hindi ba ito isang magulong pananaw? Nagagawa mong magsabi ng kaalaman na kasingdami ng buhangin sa dalampasigan, subalit wala sa mga ito ang nagtataglay ng anumang tunay na landas. Hindi ka ba nagtatangkang linlangin ang mga tao sa pamamagitan ng paggawa nito? Hindi ka ba gumagawa ng isang walang kabuluhanang palabas na walang anumang diwang sumusuporta rito? Ang lahat ng ganitong pag-uugali ay nakapipinsala sa mga tao! Kapag mas mataas ang teorya at mas walang katotohanan, mas walang kakayahan ito na dalhin ang mga tao sa realidad. Kapag mas mataas ang teorya, mas ginagawa ka nitong suwail at salungat sa Diyos. Huwag mong tangkilikin ang espirituwal na teorya—wala itong kabuluhan! Pinaguusapan ng ilang tao ang tungkol sa espirituwal na teorya sa loob ng mga dekada, at sila’y naging mga bigatin sa larangan ng pagiging espirituwal, subalit sa huli, bigo pa rin silang makapasok sa realidad ng katotohanan. Dahil hindi nila isinagawa o naranasan ang mga salita ng Diyos, wala silang mga prinsipyo o landas sa pagsasagawa. Walang realidad ng katotohanan ang mga taong kagaya nito, kaya paano nila maaakay ang ibang tao sa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos? Ang kaya lamang nila ay iligaw ang mga tao. Hindi ba ito pagpinsala sa iba at sa kanilang sarili? Kahit papaano man lang, dapat magawa mong lutasin ang mga totoong problema na nasa harapan mo mismo. Ibig sabihin, dapat magawa mong isagawa at maranasan ang mga salita ng Diyos, at maisagawa ang katotohanan. Ito lamang ang pagsunod sa Diyos. Magiging kwalipikado ka lamang magtrabaho para sa Diyos kapag nakapasok ka na sa buhay, at sasang-ayunan ka lamang ng Diyos kapag taos-puso kang gumugol para sa Diyos. Huwag kang laging magbitiw ng matatayog na salita at magsalita ng mabulaklak na teorya; hindi ito totoo. Ang pagmamarunong sa espirituwal na teorya para hangaan ka ng mga tao ay hindi pagpapatotoo sa Diyos, kundi pagpapakitang-gilas. Hinding-hindi ito kapaki-pakinabang sa mga tao at hindi nakapagpapatibay sa kanila, at madali silang maibubuyo nito para sumamba sa espirituwal na teorya at hindi tumuon sa pagsasagawa ng katotohanan—at hindi ba ito pagliligaw sa mga tao? Kung magpapatuloy nang ganito,

lilitaw ang napakaraming walang kabuluhang teorya at tuntunin na pipigil at sisilo sa mga tao; ito'y tunay na pasakit. Kaya lalong magsabi ng totoo, magsalita pa tungkol sa mga problemang talagang umiiral, gumugol pa ng mas maraming oras sa paghahanap ng katotohanan para malutas ang mga totoong problema; ito ang pinakamahalaga. Huwag ipagpaliban na matutong isagawa ang katotohanan: Ito ang landas sa pagpasok sa realidad. Huwag mong angkinin bilang sarili mong pribadong pag-aari ang karanasan at kaalaman ng ibang tao at huwag ipagmalaki ang mga ito upang hangaan ng iba. Dapat magkaroon ka ng sarili mong pagpasok sa buhay. Sa pamamagitan lamang ng pagsasagawa ng katotohanan at pagsunod sa Diyos ka magkakaroon ng pagpasok sa buhay. Ito ang dapat isinasagawa at pinagtutuunan ng bawat tao.

Kung ang iyong pakikipagbahagian ay makapagbibigay sa mga tao ng isang landas na susundan, ito ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng realidad. Anuman ang iyong sasabihin, dapat mong madala ang mga tao sa pagsasagawa at mabigyan silang lahat ng isang landas na susundan. Huwag mo silang pahintulatang magkaroon lamang ng kaalaman; ang mas mahalaga ay ang pagkakaroon ng landas na maaaring tahakin. Upang ang mga tao ay maniwala sa Diyos, dapat nilang tahakin ang landas na pinangungunahan ng Diyos sa Kanyang gawain. Ibig sabihin, ang proseso ng paniniwala sa Diyos ay ang proseso ng pagtahak sa landas na pinangungunahan ng Banal na Espiritu. Alinsunod dito, dapat kang magkaroon ng isang landas na tatahakin mo anuman ang mangyari, at dapat kang tumapak sa landas kung saan ay gagawin kang perpekto ng Diyos. Huwag kang masyadong magpahuli, at huwag mong alalahanin ang napakaraming bagay. Matatanggap mo lamang ang gawain ng Banal na Espiritu at makakamit ang daan papasok kung tatahakin mo ang landas na pinangungunahan ng Diyos nang walang pagkaantala. Ito lamang ang maituturing na naaayon sa mga layunin ng Diyos at sa pagsasakatuparan sa tungkulin ng sangkatauhan. Bilang isang indibidwal sa agos na ito, dapat tuparin nang maayos ng bawat tao ang kanilang tungkulin, mas gawin pa kung ano ang dapat na ginagawa ng mga tao, at huwag kumilos ayon sa kanilang kagustuhan. Dapat gawing malinaw ng mga taong nagpapatupad ng gawain ang kanilang mga salita, dapat na lalong pagtuunan ng mga taong sumusunod ang pagtitiis sa oras ng paghihirap at ang pagsunod, at ang lahat ay dapat na manatili sa kanilang lugar at huwag kumilos nang hindi nararapat. Dapat na maging malinaw sa puso ng bawat tao kung paano sila dapat magsagawa at kung anong tungkulin ang dapat nilang tuparin. Tahakin ang landas na pinangungunahan ng Banal na Espiritu; huwag maliligaw o magkakamali. Dapat ninyong makita nang malinaw ang gawain sa kasalukuyan. Ang pagpasok sa pamamaraan ng gawain sa kasalukuyan ang siyang dapat ninyong isagawa. Ito ang unang bagay na dapat ninyong pasukin. Huwag nang magsayang pa ng anumang mga salita sa ibang mga bagay. Ang paggawa sa gawain ng tahanan ng Diyos sa kasalukuyan ay inyong pananagutan, ang pagpasok sa pamamaraan ng gawain sa kasalukuyan ay inyong tungkulin, at ang pagsasagawa sa katotohanan sa kasalukuyan ay inyong pasanin.

Pagsunod sa mga Kautusan at Pagsasagawa ng Katotohanan

Sa pagsasagawa, ang pagsunod sa mga kautusan ay dapat iugnay sa pagsasagawa ng katotohanan. Habang sumusunod sa mga kautusan, kailangang isagawa ng tao ang katotohanan. Kapag nagsasagawa ng katotohanan, hindi dapat labagin ng tao ang mga prinsipyo ng mga kautusan, ni salungatin ang mga kautusan; kailangan mong gawin ang anumang ipinagagawa sa iyo ng Diyos. Ang pagsunod sa mga kautusan at pagsasagawa ng katotohanan ay magkaugnay, hindi magkasalungat. Kapag lalo mong isinasagawa ang katotohanan, lalo kang nagkakaroon ng kakayahang sundin ang diwa ng mga kautusan. Kapag lalo mong isinasagawa ang katotohanan, lalo mong mauunawaan ang salita ng Diyos ayon sa ipinahayag sa mga kautusan. Ang pagsasagawa ng katotohanan at pagsunod sa mga kautusan ay hindi magkasalungat na mga kilos—magkaugnay ang mga ito. Sa simula, matapos sundin ng tao ang mga kautusan, saka lamang niya maaaring isagawa ang katotohanan at makamit ang kaliwanagan mula sa Banal na Espiritu, ngunit hindi ito ang orihinal na layon ng Diyos. Hinihiling ng Diyos na ituon mo ang puso mo sa pagsamba sa Kanya, hindi lamang pagkilos nang maayos. Gayunman, kailangan mong sundin ang mga kautusan kahit paimbabaw lamang. Unti-unti, sa pamamagitan ng karanasan, matapos magtamo ng mas malinaw na pagkaunawa sa Diyos, titigil ang mga tao sa pagsuway at paglaban sa Kanya, at hindi na magkakaroon ng anumang mga pagdududa tungkol sa Kanyang gawain. Ito lamang ang paraan para makasunod ang mga tao sa diwa ng mga kautusan. Samakatuwid, ang pagsunod lamang sa mga kautusan, nang hindi isinasagawa ang katotohanan, ay hindi epektibo, at hindi bumubuo ng tunay na pagsamba sa Diyos, sapagkat hindi ka pa nagtatamo ng tunay na tayog. Ang pagsunod sa mga kautusan nang wala ang katotohanan ay katumbas lamang ng pagsunod nang mahigpit sa mga panuntunan. Sa paggawa nito, ang mga kautusan ay magiging batas mo, na hindi makakatulong sa iyo na lumago sa buhay. Bagkus, magiging pasanin mo ang mga ito, at igagapos ka nang mahigpit gaya ng mga kautusan ng Lumang Tipan, na magiging dahilan upang mawala sa iyo ang presensya ng Banal na Espiritu. Samakatuwid, sa pagsasagawa lamang ng katotohanan mo epektibong masusunod ang mga kautusan, at sinusunod mo ang mga kautusan upang isagawa ang katotohanan. Sa proseso ng pagsunod sa mga kautusan, isasagawa mo ang mas maraming katotohanan, at sa pagsasagawa ng katotohanan, magtatamo ka ng mas malalim na pag-unawa sa tunay na kahulugan ng mga kautusan. Ang layunin at kahulugan sa likod ng kahilingan ng Diyos na sundin ng tao ang mga kautusan ay hindi lamang para pasunurin siya sa mga panuntunan, na maaari niyang isipin; sa halip, may kinalaman iyon sa kanyang pagpasok sa buhay. Ang lawak ng iyong paglago sa buhay ang nagdidikta sa antas ng kakayahan mong sundin ang mga kautusan. Bagama't ang mga kautusan ay para sundin ng tao, ang diwa ng mga kautusan ay nagiging malinaw lamang sa pamamagitan

ng karanasan sa buhay ng tao. Ipinapalagay ng karamihan sa mga tao na ang maayos na pagsunod sa mga kautusan ay nangangahulugan na sila ay “handang-handa, at ang kailangan na lamang gawin ay sumunod.” Kalabisan ang ideyang ito, at hindi naaayon sa kalooban ng Diyos. Yaong mga nagsasabi ng gayong mga bagay ay ayaw sumulong, at nag-iimbot sila sa laman. Walang katuturan iyan! Hindi iyan nakaayon sa realidad! Hindi kalooban ng Diyos na isagawa lamang ang katotohanan nang hindi talaga sinusunod ang mga kautusan. Yaong mga gumagawa nito ay mga pilay; tulad sila ng mga taong nawawala ang isang paa. Ang pagsunod lamang sa mga kautusan na parang sumusunod sa mga panuntunan, subalit hindi nagtataglay ng katotohanan—wala rin itong kakayahang palugurin ang kalooban ng Diyos; gaya ng mga taong bulag ang isang mata, ang mga taong gumagawa rin nito ay nagdurusa mula sa isang uri ng kapansanan. Masasabi na kung susundin mo ang mga kautusan nang maayos at magkakamit ka ng malinaw na pagkaunawa sa praktikal na Diyos, tataglayin mo ang katotohanan; kumpara sa iba, magtatamo ka na ng tunay na tayog. Kung isinasagawa mo ang katotohanan na dapat mong isagawa, susundin mo rin ang mga kautusan, at ang dalawang bagay na ito ay hindi magkasalungat. Ang pagsasagawa ng katotohanan at pagsunod sa mga kautusan ay dalawang sistema, na kapwa mahahalagang bahagi ng karanasan sa buhay ng isang tao. Ang karanasan ng isang tao ay dapat buuin ng pagkakaisa, hindi ng pagkakahati, ng pagsunod sa mga kautusan at pagsasagawa ng katotohanan. Gayunman, kapwa may mga pagkakaiba at pagkakaugnay sa pagitan ng dalawang ito.

Ang pagpapahayag ng mga kautusan ng bagong kapanahunan ay isang patotoo sa katunayan na lahat ng tao sa daloy na ito, lahat ng nakaririnig sa tinig ng Diyos ngayon, ay nakapasok na sa isang bagong kapanahunan. Ito ay isang bagong simula para sa gawain ng Diyos, at isang simula rin ng huling bahagi ng gawain sa plano ng pamamahala ng Diyos sa loob ng anim na libong taon. Ang mga kautusan ng bagong kapanahunan ay simbolo na ang Diyos at ang tao ay nakapasok na sa saklaw ng isang bagong langit at isang bagong lupa, at na ang Diyos, tulad noong gumawa si Jehova sa mga Israelita at gumawa si Jesus sa mga Hudyo, ay gagawa ng mas maraming praktikal na gawain, at gagawa ng mas marami at mas dakila pang gawain sa lupa. Ang mga ito ay simbolo rin na ang grupong ito ng mga tao ay tatanggap ng mas marami at mas dakilang mga tagubilin mula sa Diyos, at paglalaanan, pakakainin, susuportahan, pangangalagaan, at poprotektahan Niya sa praktikal na paraan, bibigyan Niya ng mas marami pang praktikal na pagsasanay, at pakikitunguhan, dudurugin, at pipinuhin ng salita ng Diyos. Ang kabuluhan ng mga kautusan ng bagong kapanahunan ay medyo malalim. Iminumungkahi ng mga ito na ang Diyos ay talagang magpapakita sa lupa, kung saan lulupigin Niya ang buong sansinukob, na magbubunyag ng Kanyang buong kaluwalhatian sa katawang-tao. Iminumungkahi rin ng mga ito na ang praktikal na Diyos ay gagawa ng mas maraming praktikal na gawain sa lupa upang gawing perpekto ang lahat ng Kanyang hinirang. Bukod pa rian, isasakatuparan ng Diyos ang lahat sa lupa gamit ang mga salita, at ipapahayag ang utos na “ang Diyos na nagkatawang-tao ay

tataas sa pinakamataas at palalakihiin, at lahat ng tao at lahat ng bansa ay luluhod upang sambahin ang Diyos, na dakila.” Bagama’t ang mga kautusan ng bagong kapanahunan ay para sundin ng tao, at bagama’t tungkulin at obligasyon ng tao na gawin iyon, ang kahulugang kinakatawan ng mga ito ay napakalalim para lubos na maipahayag sa isa o dalawang salita. Ang mga kautusan ng bagong kapanahunan ay pinapalitan ang mga kautusan sa Lumang Tipan at ang mga ordenansa sa Bagong Tipan ayon sa ipinahayag nina Jehova at Jesus. Ito ay isang mas malalim na aral, hindi isang bagay na kasing-simple ng maaaring isipin ng tao. May isang aspeto ng praktikal na kabuluhan sa mga kautusan ng bagong kapanahunan: Ang mga ito ay nagsisilbing pang-ugnay sa pagitan ng Kapanahunan ng Biyaya at ng Kapanahunan ng Kaharian. Winakasan ng mga kautusan ng bagong kapanahunan ang lahat ng kagawian at ordenansa sa lumang kapanahunan, pati na rin ang lahat ng kagawian mula sa kapanahunan ni Jesus at mga kagawian bago sumapit iyon. Dinadala ng mga ito ang tao sa presensya ng mas praktikal na Diyos, na nagtutulot na simulan siyang personal na gawing perpekto ng Diyos; ang mga ito ang simula ng landas tungo sa pagiging perpekto. Sa gayon, dapat kayong magtaglay ng tamang saloobin hinggil sa mga kautusan ng bagong kapanahunan, at huwag sundin ang mga ito nang basta-basta ni hamakin ang mga ito. Binibigyang-diin ng mga kautusan ng bagong kapanahunan ang isang punto: Na sasambahin ng tao ang praktikal na Diyos Mismo ngayon, na kinabibilangan ng mas praktikal na pagpapasakop sa diwa ng Espiritu. Binibigyang-diin din ng mga kautusan ang mga prinsipyong gagamitin ng Diyos sa paghatol sa tao kung maysala ba ito o matuwid matapos Siyang magpakita bilang Araw ng katuwiran. Ang mga kautusan ay mas madaling maunawaan kaysa isagawa. Mula rito, makikita na kung nais ng Diyos na gawing perpekto ang tao, kailangan Niyang gawin iyon sa pamamagitan ng Kanyang sariling mga salita at patnubay, at hindi magiging perpekto ang tao sa pamamagitan lamang ng sarili niyang likas na talino. Masusunod man ng tao ang mga kautusan ng bagong kapanahunan o hindi ay may kinalaman sa kaalaman ng tao tungkol sa praktikal na Diyos. Dahil dito, masusunod mo man ang mga kautusan o hindi ay hindi isang tanong na malulutas sa loob lamang ng ilang araw. Ito ay isang napakalalim na aral na matututuhan.

Ang pagsasagawa ng katotohanan ay isang landas kung saan maaaring lumago ang buhay ng tao. Kung hindi ninyo isinasagawa ang katotohanan, walang matitira sa inyo kundi teorya lamang at hindi kayo magkakaroon ng totoong buhay. Katotohanan ang simbolo ng tayog ng tao, at isinasagawa mo man ang katotohanan o hindi ay nauugnay sa kung mayroon kang tunay na tayog o wala. Kung hindi mo isinasagawa ang katotohanan, hindi ka kumikilos nang matuwid, o nagpapadala ka sa emosyon at nagmamalasakit ka sa iyong laman, napakalayong sumunod ka sa mga kautusan. Ito ang pinakamalalim na aral sa lahat. Sa bawat kapanahunan, maraming katotohanang kailangang pasukin at unawain ng tao, ngunit sa bawat kapanahunan, mayroon ding iba’t ibang kautusang kalakip ng mga katotohanang iyon. Ang katotohanang isinasagawa ng mga tao ay may kaugnayan sa isang partikular na kapanahunan, at gayon din

ang mga kautusang sinusunod nila. Bawat kapanahunan ay may sarili nitong mga katotohanang isasagawa at mga kautusang susundin. Gayunman, depende sa iba-ibang kautusang ipinahayag ng Diyos—ibig sabihin, depende sa iba't ibang kapanahunan—ang layunin at epekto ng pagsasagawa ng tao ng katotohanan ay magkakaiba ang laki. Masasabi na ang mga kautusan ay nagsisilbi sa katotohanan, at ang katotohanan ay umiiral upang mapanatili ang mga kautusan. Kung katotohanan lamang ang mayroon, hindi magkakaroon ng mga pagbabago sa gawain ng Diyos na mapag-uusapan. Gayunman, sa pagtukoy sa mga kautusan, makikilala ng tao ang lawak ng mga kalakaran sa gawain ng Banal na Espiritu, at malalaman ng tao ang kapanahunan kung saan gumagawa ang Diyos. Sa relihiyon, maraming taong maaaring magsagawa ng mga katotohanang isinagawa ng mga tao sa Kapanahunan ng Kautusan. Gayunman, wala sa kanila ang mga kautusan ng bagong kapanahunan, ni hindi nila masusunod ang mga ito. Sinusunod pa rin nila ang mga dating gawi at nananatiling mga sinaunang tao. Hindi sila sinamahan ng mga bagong pamamaraan ng gawain at hindi nila makita ang mga kautusan ng bagong kapanahunan. Sa gayon, wala sa kanila ang gawain ng Diyos. Para bang mayroon lamang silang mga itlog na walang laman: kung walang sisiw sa loob, walang espiritu. Para mas tumpak, ibig sabihin ay wala silang buhay. Ang gayong mga tao ay hindi pa nakapasok sa bagong kapanahunan at napag-iwanan nang maraming hakbang. Kung gayon, walang silbi ang magkaroon ng mga katotohanan mula sa mas lumang mga kapanahunan ngunit walang mga kautusan ng bagong kapanahunan. Marami sa inyo ang nagsasagawa ng katotohanan ngayon ngunit hindi ninyo sinusunod ang mga kautusan nito. Wala kayong mapapala, at ang katotohanang inyong isinasagawa ay mawawalan ng halaga at kabuluhan at hindi kayo pupurihin ng Diyos. Ang pagsasagawa ng katotohanan ay kailangang gawin ayon sa mga limitasyon ng mga pamamaraan ng kasalukuyang gawain ng Banal na Espiritu; kailangan itong gawin bilang tugon sa tinig ng praktikal na Diyos ngayon. Kapag hindi ito ginawa, walang saysay ang lahat, tulad ng pagtatangkang sumalok ng tubig gamit ang isang basket na kawayan. Ito rin ang praktikal na kahulugan ng pagpapahayag ng mga kautusan ng bagong kapanahunan. Kung susunod ang mga tao sa mga kautusan, kahit paano ay dapat nilang makilala ang praktikal na Diyos na nagpapakita sa katawang-tao, nang hindi nalilito. Sa madaling salita, dapat unawain ng mga tao ang mga prinsipyo ng pagsunod sa mga kautusan. Ang pagsunod sa mga kautusan ay hindi nangangahulugan ng pagsunod sa mga ito nang hindi maayos o hindi makatwiran, kundi pagsunod sa mga ito nang may batayan, may layunin, at may mga prinsipyo. Ang unang bagay na kakamtan ay ang maging malinaw ang inyong mga pananaw. Kung mayroon kang ganap na pagkaunawa sa gawain ng Banal na Espiritu sa kasalukuyan, at kung papasok ka sa mga pamamaraan ngayon ng gawain, likas kang magtatamo ng malinaw na pagkaunawa sa pagsunod sa mga kautusan. Kung dumating ang araw na malinaw mong nakikita ang diwa ng mga kautusan ng bagong kapanahunan at nasusunod ang mga kautusan, nagawa ka nang perpekto. Ito ang praktikal na kabuluhan ng

pagsasagawa ng katotohanan at pagsunod sa mga kautusan. Maisasagawa mo man ang katotohanan o hindi ay depende sa kung paano mo nahihiwatigan ang diwa ng mga kautusan ng bagong kapanahunan. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay patuloy na magpapakita sa tao, at darami pang lalo ang kakailanganin ng Diyos sa tao. Samakatuwid, ang mga katotohanang talagang isinasagawa ng tao ay darami pa, at magiging mas mahirap, at ang mga epekto ng pagsunod sa mga kautusan ay magiging mas malalim. Samakatuwid, kailangang sabay ninyong isagawa ang katotohanan at sundin ang mga kautusan. Walang sinumang dapat magpabaya sa bagay na ito; hayaang sabay na magsimula ang bagong katotohanan at mga bagong kautusan sa bagong kapanahunang ito.

Dapat Mong Malaman na ang Praktikal na Diyos ay ang Diyos Mismo

Ano ang dapat mong malaman tungkol sa praktikal na Diyos? Ang Espiritu, ang Persona, at ang Salita ang bumubuo sa praktikal na Diyos Mismo, at ito ang tunay na kahulugan ng praktikal na Diyos Mismo. Kung kilala mo lamang ang Persona—kung alam mo ang Kanyang mga gawi at personalidad—ngunit hindi alam ang gawain ng Espiritu, o kung ano ang ginagawa ng Espiritu sa katawang-tao, at kung binibigyang-pansin mo lamang ang Espiritu, at ang Salita, at nananalangin lamang sa Espiritu, ngunit hindi alam ang gawain ng Espiritu ng Diyos sa praktikal na Diyos, nagpapatunay pa rin ito na hindi mo kilala ang praktikal na Diyos. Kabilang sa kaalaman sa praktikal na Diyos ang pagkaalam at pagdanas ng Kanyang mga salita, at pag-unawa sa mga patakarán at mga prinsipyo ng gawain ng Banal na Espiritu at kung paano gumagawa ang Espiritu ng Diyos sa katawang-tao. Kabilang din dito ang pagkaalam na pinamamahalaan ng Espiritu ang bawat pagkilos ng Diyos sa katawang-tao, at na direktang pagpapahayag ng Espiritu ang mga salitang sinasabi Niya. Sa gayon, upang makilala ang praktikal na Diyos, pinakamahalagang malaman kung paanong gumagawa ang Diyos sa pagkatao at sa pagka-Diyos; pumapatungkol naman ito sa mga pagpapahayag ng Espiritu, kung saan nakikipag-ugnayan ang lahat ng tao.

Ano ang mga aspeto ng mga pagpapahayag ng Espiritu? Kung minsan, gumagawa ang Diyos sa pagkatao, at kung minsan sa pagka-Diyos—ngunit sa parehong pagkakataon ang Espiritu ang namumuno. Anuman ang espiritu sa loob ng mga tao, gayon ang panlabas na kahayagan nila. Gumagawa nang normal ang Espiritu, ngunit mayroong dalawang bahagi sa Kanyang pangangasiwa sa pamamagitan ng Espiritu: ang gawain Niya sa pagkatao ang isang bahagi, at ang gawain Niya sa pamamagitan ng pagka-Diyos ang isa. Dapat mong malaman ito nang malinaw. Nag-iiba ang gawain ng Espiritu ayon sa mga pangyayari: Kapag kinakailangan ang Kanyang gawaing pantao, pinangangasiwaan ng Espiritu ang gawaing pantaong ito, at kapag kinakailangan ang

Kanyang gawain sa pagka-Diyos, direktang nagpapakita ang pagka-Diyos upang isakatuparan ito. Dahil gumagawa sa katawang-tao at nagpapakita sa katawang-tao ang Diyos, parehong gumagawa Siya sa pagkatao at sa pagka-Diyos. Ang Kanyang gawain sa pagkatao ay pinangangasiwaan ng Espiritu at ginagawa upang matugunan ang mga pangangailangang panlaman ng mga tao, upang mapadali ang pakikipag-ugnayan nila sa Kanya, upang tulutan silang mapagmasdan ang realidad at pagiging karaniwan ng Diyos, at upang tulutan silang makita na dumating sa katawang-tao ang Espiritu ng Diyos at kasama ng tao, nabubuhay kasama ng tao, at nakikipag-ugnayan sa tao. Ginagawa ang gawain Niya sa pagka-Diyos upang makapaglaan para sa buhay ng mga tao at upang gabayan ang mga tao sa lahat ng bagay mula sa positibong panig, na binabago ang mga disposisyon ng mga tao at tinutulutan silang tunay na mapagmasdan ang pagpapakita ng Espiritu sa katawang-tao. Sa pangunahin, direktang nakakamit ang paglago sa buhay ng tao sa pamamagitan ng gawain at mga salita ng Diyos sa pagka-Diyos. Kung tinanggap ng mga tao ang gawain ng Diyos sa pagka-Diyos, saka lamang nila makakamit ang mga pagbabago sa disposisyon nila, at saka lamang sila mabubusog sa espiritu nila; dagdag pa rito, kung mayroong gawain sa pagkatao—ang pagpapastol, pag-alalay, at paglalaan ng Diyos sa pagkatao—saka lamang lubos na matatamo ang mga bunga ng gawain ng Diyos. Gumagawa ang praktikal na Diyos Mismo na yaong pinag-uusapan ngayon sa parehong pagkatao at sa pagka-Diyos. Sa pamamagitan ng pagpapakita ng praktikal na Diyos, natatamo ang Kanyang normal na gawaing pantao at buhay at ang Kanyang gawain sa ganap na pagka-Diyos. Pinagsama bilang isa ang Kanyang pagkatao at pagka-Diyos, at nagagawa ang parehong gawain sa pamamagitan ng mga salita; maging sa pagkatao o pagka-Diyos man, nagpapahayag Siya ng mga salita. Kapag gumagawa sa pagkatao ang Diyos, nagsasalita Siya sa wika ng pagkatao, upang magawang makipag-ugnayan at maunawaan ng mga tao. Malinaw na binibigkas at madaling maunawaan ang Kanyang mga salita, upang maipagkaloob ang mga ito sa lahat ng tao; may taglay mang kaalaman ang mga tao o mabababa ang pinag-aralan, makatatanggap silang lahat ng mga salita ng Diyos. Naisasakatuparan din ang gawain ng Diyos sa pagka-Diyos sa pamamagitan ng mga salita, ngunit puno ito ng pantustos, puno ito ng buhay, wala itong dungis ng mga ideyang pantao, hindi rito kasangkot ang mga kagustuhan ng tao, at wala itong mga limitasyong pantao, nasa labas ito ng hangganan ng anumang normal na pagkatao; isinasakatuparan ito sa katawang-tao, ngunit direkta itong nagpapahayag ng Espiritu. Kung tatanggapin lamang ng mga tao ang gawain ng Diyos sa pagkatao, maikukulong nila ang mga sarili nila sa isang tiyak na saklaw, at sa gayon mangangailangan ng palagiang pakikitungo, pagpupungos, at disiplina upang magkaroon ng kahit bahagyang pagbabago sa kanila. Subalit, kung wala ang gawain o presensiya ng Banal na Espiritu, palagi silang babalik sa mga dati nilang gawi; sa pamamagitan lamang ng gawain ng pagka-Diyos maitatama ang mga karamdaman at mga kakulangang ito, at saka lamang magagawang ganap ang mga tao. Sa halip na patuloy na pakikitungo at pagpupungos, ang kinakailangan ay ang

positibong paglalaan, paggamit ng mga salita upang makabawi sa lahat ng pagkukulang, paggamit ng mga salita upang ibunyag ang bawat kalagayan ng mga tao, paggamit ng mga salita upang pangasiwaan ang mga buhay nila, ang bawat pagpapahayag nila, ang bawat pagkilos nila, upang ilantad ang mga layunin at mga pangganyak nila. Ito ang tunay na gawain ng praktikal na Diyos. Sa gayon, sa saloobin mo sa praktikal na Diyos, dapat kang magpasakop agad sa pagkatao Niya, kilalanin at tanggapin Siya, at higit pa rito dapat mong tanggapin at sundin ang Kanyang gawain at mga salita sa pagka-Diyos. Ang pagpapakita ng Diyos sa katawang-tao ay nangangahulugang lahat ng gawain at mga salita ng Espiritu ng Diyos ay ginagawa sa pamamagitan ng Kanyang normal na pagkatao at sa pamamagitan ng Kanyang nagkatawang-taong laman. Sa madaling salita, pinangangasiwaan agad ng Espiritu ng Diyos ang Kanyang gawaing pantao at ipinatutupad ang gawain ng pagka-Diyos sa katawang-tao, at sa Diyos na nagkatawang-tao ay pareho mong makikita ang gawain ng Diyos sa pagkatao at ang Kanyang gawain sa ganap na pagka-Diyos. Ito ang aktwal na kabuluhan ng pagpapakita ng praktikal na Diyos sa katawang-tao. Kung nakikita mo ito nang malinaw, magagawa mong pagdugtungin ang lahat ng iba't ibang bahagi ng Diyos; titigil ka sa pagbibigay ng hindi karapat-dapat na pagpapahalaga sa Kanyang gawain sa pagka-Diyos, at titigil ka sa pagtingin sa Kanyang gawain sa pagkatao nang may hindi karapat-dapat na pagwawalang-bahala, at hindi ka na tutungo sa mga kalabisan, ni liliko kung saan-saan. Sa kabuuan, ang kahulugan ng praktikal na Diyos ay na ang gawain ng Kanyang pagkatao at ng Kanyang pagka-Diyos, sa pangangasiwa ng Espiritu, ay ipinahahayag sa pamamagitan ng Kanyang katawang-tao, upang makita ng mga tao na Siya ay maliwanag at makatotohanan, at tunay at totoo.

Mayroong mga yugto ng pagbabago ang gawain ng Espiritu ng Diyos sa pagkatao. Sa pagpeperpekto sa pagkatao, binibigyang-kakayahan Niya ang Kanyang pagkatao na makatanggap ng pangangasiwa ng Espiritu, at pagkatapos nito ay nakapaglalaan at nakapagpapastol ang Kanyang pagkatao sa mga iglesia. Isa itong pagpapahayag ng normal na gawain ng Diyos. Sa gayon, kung malinaw mong nakikita ang mga prinsipyo ng gawain ng Diyos sa pagkatao, malamang na hindi ka magkikimkim ng mga kuru-kuro tungkol sa gawain ng Diyos sa pagkatao. Anupaman, hindi maaaring magkamali ang Espiritu ng Diyos. Tama Siya at walang kamalian; hindi Siya gumagawa ng anumang bagay nang hindi tama. Direktang pagpapahayag ng kalooban ng Diyos ang gawain sa pagka-Diyos, na walang panghihimasok ng pagkatao. Hindi ito sumasailalim sa pagpeperpekto, kundi direktang nagmumula sa Espiritu. Gayunpaman, ang katotohanang maaari Siyang gumawa sa pagka-Diyos ay dahil sa Kanyang normal na pagkatao; hindi ito higit sa karaniwan ni paano man, at tila isinasakatuparan ito ng isang normal na tao. Bumaba ang Diyos sa lupa mula sa langit pangunahin upang ipahayag ang mga salita ng Diyos sa pamamagitan ng katawang-tao, upang gawing ganap ang gawain ng Espiritu ng Diyos sa pamamagitan ng katawang-tao.

Ngayon, nananatiling lubhang may kinikilingan ang kaalaman ng mga tao sa praktikal

na Diyos, at kakatiting pa rin ang pagkaunawa nila sa kabuluhan ng pagkakatawang-tao. Sa katawang-tao ng Diyos, nakikita ng mga tao sa pamamagitan ng Kanyang gawain at mga salita na malaki ang saklaw ng Espiritu ng Diyos, na napakayaman Niya. Subalit anupaman, sa huli nagmumula sa Espiritu ng Diyos ang patotoo ng Diyos: kung ano ang ginagawa ng Diyos sa katawang-tao, sa kung aling mga prinsipyo Siya gumagawa, kung ano ang ginagawa Niya sa pagkatao, at kung ano ang ginagawa Niya sa pagka-Diyos. Kailangang may kaalaman ang mga tao tungkol dito. Ngayon, nagagawa mong sambahin ang personang ito, habang sa pinakadiwa sinasamba mo ang Espiritu, at iyan ang pinakamaliit na dapat matamo ng mga tao sa kanilang kaalaman sa Diyos na nagkatawang-tao: ang malaman ang diwa ng Espiritu sa pamamagitan ng katawang-tao, ang malaman ang gawain sa pagka-Diyos ng Espiritu sa katawang-tao at gawaing pantao sa katawang-tao, ang matanggap ang lahat ng salita at mga pahayag ng Espiritu sa katawang-tao, at ang makita kung paano pinangangasiwaan ng Espiritu ng Diyos ang katawang-tao at ipinakikita ang Kanyang kapangyarihan sa katawang-tao. Ito ay upang sabihin na makikilala ng tao ang Espiritu sa langit sa pamamagitan ng katawang-tao; ang pagpapakita ng praktikal na Diyos Mismo sa gitna ng tao ay nagwaksi sa malabong Diyos sa mga kuru-kuro ng mga tao. Nadagdagan ng pagsamba ng mga tao sa praktikal na Diyos Mismo ang kanilang pagsunod sa Diyos; at, sa pamamagitan ng gawain sa pagka-Diyos ng Espiritu ng Diyos sa katawang-tao at ng Kanyang gawaing pantao sa katawang-tao, tumatanggap ang tao ng pahayag at pinapastol siya, at natatamo ang mga pagbabago sa disposisyon sa buhay ng tao. Ito ang aktwal na kahulugan ng pagdating ng Espiritu sa katawang-tao, na ang pangunahing layunin ay upang makipag-ugnayan ang mga tao sa Diyos, umasa sa Diyos, at magkaroon ng kaalaman sa Diyos.

Sa pangunahin, anong saloobin dapat mayroon ang mga tao hinggil sa praktikal na Diyos? Ano ang alam mo sa pagkakatawang-tao, sa pagpapakita ng Salita sa katawang-tao, sa pagpapakita ng Diyos sa katawang-tao, sa mga gawa ng praktikal na Diyos? Ano ang mga pangunahing paksang pinag-uusapan ngayon? Ang pagkakatawang-tao, ang pagdating ng Salita sa katawang-tao, at ang pagpapakita ng Diyos sa katawang-tao ay lahat mga usaping dapat maunawaan. Dapat ninyong unti-unting maunawaan ang mga usaping ito at magkaroon ng malinaw na kaalaman sa mga ito sa karanasan ninyo sa buhay, batay sa katayuan ninyo at batay sa kapanahunan. Ang pamamaraan kung paano nararanasan ng mga tao ang mga salita ng Diyos ay kapareho ng pamamaraan kung paano nila nababatid ang pagpapakita ng mga salita ng Diyos sa katawang-tao. Habang mas nararanasan ng mga tao ang mga salita ng Diyos, mas lalo nilang nababatid ang Espiritu ng Diyos; sa pamamagitan ng pagdanas sa mga salita ng Diyos, nauunawaan ng mga tao ang mga prinsipyo ng gawain ng Espiritu at nakikilala ang praktikal na Diyos Mismo. Sa katunayan, kapag ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao at nakakamit sila, ipinaalam Niya sa kanila ang mga gawa ng praktikal na Diyos; ginagamit Niya ang gawain ng praktikal na Diyos upang ipakita sa mga tao ang aktwal na kabuluhan ng pagkakatawang-tao, upang ipakita sa

kanila na talagang nagpakita na sa tao ang Espiritu ng Diyos. Kapag ang mga tao ay nakamtan at nagawang perpekto ng Diyos, nalupig na sila ng mga pagpapahayag ng praktikal na Diyos; binago sila ng mga salita ng praktikal na Diyos at inihalo na ang Kanyang sariling buhay sa kanila, pinupunan sila ng kung ano Siya (maging ito man ay kung ano Siya sa Kanyang pagkatao o kung ano Siya sa Kanyang pagka-Diyos), pinupunan sila ng diwa ng Kanyang mga salita, at ipinasasabuhay sa mga tao ang Kanyang mga salita. Kapag kinakamit ng Diyos ang mga tao, pangunahing ginagawa Niya ito sa pamamagitan ng paggamit ng mga salita at mga pagpapahayag ng praktikal na Diyos bilang isang paraan upang harapin ang mga kakulangan ng mga tao, at upang hatulan at ibunyag ang kanilang mapanghimagsik na disposisyon, na nagdudulot na makamit nila ang kanilang kinakailangan at ipinakikita sa kanila na ang Diyos ay dumating na sa gitna ng tao. Pinakamahalaga sa lahat, ang pagliligtas sa bawat tao mula sa impluwensya ni Satanas, pag-aalis sa kanila mula sa lupain ng karumihan, at pagwawaksi sa kanilang tiwaling disposisyon ang gawaing ginagawa ng praktikal na Diyos. Ang pinakamalalim na kabuluhan ng pagiging nakamit ng praktikal na Diyos ay ang kakayahang isabuhay ang normal na pagkatao, kasama ang praktikal na Diyos bilang halimbawa at huwaran, kakayahang magsagawa ayon sa mga salita at mga hinihingi ng praktikal na Diyos nang walang kahit katiting na paglihis o pag-alis, pagsasagawa sa anumang paraang sinasabi Niya, at kakayahang matamo ang anumang hinihingi Niya. Sa ganitong paraan, makakamit ka na ng Diyos. Kapag nakamit ka na ng Diyos, hindi mo lamang taglay ang gawain ng Banal na Espiritu; sa pangunahin, naisasabuhay mo ang mga hinihingi ng praktikal na Diyos. Ang pagkakaroon lamang ng gawain ng Banal na Espiritu ay hindi nangangahulugang mayroon ka nang buhay. Ang pinakamahalaga ay kung kaya mo bang kumilos ayon sa mga hinihingi ng praktikal na Diyos sa iyo, na kaugnay sa kung makakamit ka ba ng Diyos. Ito ang mga pinakadakilang kabuluhan ng gawain ng praktikal na Diyos sa katawang-tao. Ito ay upang sabihin na nakakamit ng Diyos ang isang pangkat ng mga tao sa pamamagitan ng tunay at aktwal na pagpapakita sa katawang-tao at ng pagiging maliwanag at makatotohanan, pagiging nakikita ng mga tao, aktwal na paggawa sa gawain ng Espiritu sa katawang-tao, at sa pagkilos bilang isang halimbawa para sa mga tao sa katawang-tao. Ang pagdating ng Diyos sa katawang-tao ay pangunahin upang bigyang-daan ang mga tao na makita ang tunay na mga gawa ng Diyos, upang magbigay ng hugis ng katawang-tao sa walang hugis na Espiritu, at upang tulutan ang mga tao na makita at mahipo Siya. Sa ganitong paraan, yaong mga ginagawa Niyang ganap ay isasabuhay Siya, makakamit Niya, at magiging kaayon ng Kanyang puso. Kung sa langit lamang nagsalita ang Diyos at hindi aktwal na pumarito sa lupa, hindi pa rin makakaya ng mga tao na makilala ang Diyos; maipangangaral lamang nila ang mga gawa ng Diyos gamit ang hungkag na teorya at hindi tataglayin ang mga salita ng Diyos bilang realidad. Pumarito ang Diyos sa lupa pangunahin upang magsilbing isang halimbawa at huwaran para sa yaong mga kakamitin Niya; sa ganito lamang talagang

makikilala ng mga tao ang Diyos, mahihipo ang Diyos, at makikita Siya, at saka lamang sila tunay na makakamit ng Diyos.

Pagsasagawa Lamang ng Katotohanan ang Pagtataglay ng Realidad

Ang hawakan ang mga salita ng Diyos at magawang ipaliwanag ang mga ito nang hindi nahihiya ay hindi nangangahulugan na taglay mo ang realidad; ang mga bagay ay hindi kasing-simple ng iyong iniisip. Kung nagtataglay ka ng realidad ay hindi nababatay sa kung ano ang iyong sinasabi; sa halip, nababatay ito sa iyong isinasabuhay. Kapag naging buhay at likas na pagpapahayag mo ang mga salita ng Diyos, saka lamang masasabi na taglay mo ang realidad, at saka ka lamang maituturing na nagkamit ng tunay na pagkaunawa at totoong tayog. Kailangan mong matagalan ang pagsusuri sa loob ng mahabang panahon, at kailangan mong maisabuhay ang wangis na hinihingi ng Diyos. Hindi ito dapat maging pakitang-tao lamang; kailangan itong likas na dumaloy mula sa iyo. Saka ka lamang tunay na magtataglay ng realidad, at saka ka lamang magkakamit ng buhay. Hayaan mong gumamit Ako ng halimbawa ng pagsubok sa mga tagasilbi na pamilyar sa lahat: Maaaring ialok ng sinuman ang pinakamatatayog na teorya tungkol sa mga tagasilbi, at lahat ay may maayos na pagkaunawa tungkol sa paksa; pinag-uusapan nila iyon at bawat pananalita ay mas magaling kaysa sa huli, na para bang isang paligsahan iyon. Gayunman, kung hindi pa sumailalim ang tao sa isang malaking pagsubok, napakahirap sabihin na may maibabahagi siyang magandang patotoo. Sa madaling salita, kulang na kulang pa rin ang pagsasabuhay ng tao, lubos na salungat sa kanyang pagkaunawa. Kung gayon, kailangan pa itong maging totoong tayog ng tao, at hindi pa ito buhay ng tao. Dahil hindi pa nadadala sa realidad ang pagkaunawa ng tao, para pa ring kastilyong itinayo sa buhangin ang kanyang tayog, na umuuga at nasa bingit ng pagguho. Lubhang kakaunti ang taglay na realidad ng tao; halos imposibleng makahanap ng anumang realidad sa tao. Lubhang kakaunti ang realidad na likas na dumadaloy mula sa tao, at lahat ng realidad na isinasabuhay nila ay sapilitan. Iyan ang dahilan kaya Ko sinasabi na walang taglay na realidad ang tao. Bagama't sinasabi ng mga tao na hindi nagbabago ang kanilang pagmamahal sa Diyos kailanman, ito lamang ang sinasabi nila bago sila naharap sa anumang mga pagsubok. Balang araw, kapag bigla silang naharap sa mga pagsubok, muling hindi aayon sa realidad ang mga bagay na sinasabi nila, at minsan pa itong magpapatunay na walang taglay na realidad ang tao. Masasabi na tuwing nahaharap ka sa mga bagay na hindi akma sa iyong mga kuru-kuro at na kinakailangang isantabi mo ang iyong sarili, ang mga bagay na iyon ang mga pagsubok sa iyo. Bago mahayag ang kalooban ng Diyos, lahat ay nagdaraan sa isang mahigpit na pagsusuri at napakalaking pagsubok. Naaarok mo ba ito? Kapag gusto ng Diyos na subukin ang mga tao, palagi Niya silang

hinahayaang pumili bago ibunyag ang aktwal na katotohanan. Ibig sabihin, kapag isinasailalim ng Diyos ang tao sa mga pagsubok, hindi Niya kailanman sasabihin sa iyo ang katotohanan; sa ganyang paraan inilalantad ang mga tao. Isang paraan ito ng pagsasagawa ng Diyos ng Kanyang gawain, upang makita kung kilala mo ang Diyos ngayon, at kung nagtataglay ka ng anumang realidad. Talaga bang wala kang mga pagdududa tungkol sa gawain ng Diyos? Magagawa mo bang tunay na manindigan kapag dumating sa iyo ang isang matinding pagsubok? Sino ang nangangahas na magsabing, “Ginagarantiyahan ko na walang magiging mga problema”? Sino ang nangangahas na igiit na, “Maaaring may mga pagdududa ang iba, pero hindi ako kailanman”? Kagaya lamang noong isailalim si Pedro sa mga pagsubok: Palagi siyang nagyayabang bago nahayag ang katotohanan. Hindi natatangi kay Pedro ang personal na kapintasang ito; ito ang pinakamalaking hirap na kasalukuyang kinakaharap ng bawat tao. Kung bibisitahin Ko ang ilang lugar o ang ilang kapatid upang tingnan kung ano ang inyong pagkaunawa sa gawain ng Diyos ngayon, tiyak na marami kayong masasabi tungkol sa inyong kaalaman, at magmumukhang wala kayong anumang pagdududa. Kung tatanungin Ko kayo, “Maaari mo ba talagang matukoy na ang gawain ngayon ay isinasagawa ng Diyos Mismo? Nang walang anumang pagdududa?” tiyak na isasagot mong, “Walang anumang pagdududa, ito ang gawaing isinasagawa ng Espiritu ng Diyos.” Kapag nakasagot ka na sa gayong paraan, tiyak na hindi ka makararamdam ni katiting na pagdududa, at baka nga medyo masiyahan ka pa, na iniisip na nagkamit ka na ng kaunting realidad. Yaong mga malamang na makaunawa sa mga bagay-bagay sa ganitong paraan ay mga taong nagtataglay ng kaunting realidad; habang lalong iniisip ng isa na nakamit na niya ito, lalong hindi niya magagawang manindigan kapag naharap siya sa mga pagsubok. Kaawa-awa ang mayayabang at hambog, at kaawa-awa ang mga hindi nakakakilala sa kanilang sarili; ang gayong mga tao ay magaling magsalita, subalit pinaka-hindi magawa ang sinasabi nila. Sa pinakamaliit na tanda ng problema, nagsisimulang magkaroon ng mga pagdududa ang mga taong ito, at sumasagi sa kanilang isipan ang pagsuko. Wala silang taglay na anumang realidad; ang tanging mayroon sila ay mga teorya namas matayog pa sa relihiyon, na walang anumang realidad na kinakailangan ngayon ng Diyos. Ang labis Kong kinaiinisan ay yaong mga bumabanggit lamang ng mga teorya nang walang anumang taglay na realidad. Sila ang pinakamalakas sumigaw kapag nagsasagawa ng kanilang gawain, ngunit sa sandaling nahaharap sila sa realidad, nababagabag sila. Hindi ba ito nagpapakita na walang realidad ang mga taong ito? Gaano man kabagsik ang hangin at mga alon, kung nakakaya mong manatiling nakatayo nang wala ni katiting na pagdududang pumapasok sa iyong isipan, at nakakaya mong manindigan at manatiling malaya sa pagtangga, kahit wala nang iba pang natitira, ituturing kang mayroong totoong pagkaunawa at tunay na nagtataglay ng realidad. Kung magpapatangay ka sa ihip ng hangin—kung susundan mo ang karamihan, at natututo kang ulitin ang pananalita ng iba—gaano ka man kahusay magsalita, hindi iyan katibayan na taglay mo ang realidad. Kung gayon,

iminumungkahi Ko na huwag kang sumigaw ng hungkag na mga salita nang wala sa panahon. Alam mo ba kung ano ang gagawin ng Diyos? Huwag kumilos na parang isa ka pang Pedro, kung hindi ay magdudulot ka ng kahihiyan sa iyong sarili at hindi ka na makapagtataas ng ulo; hindi iyon makabubuti kahit kanino. Karamihan sa mga tao ay walang totoong tayog. Bagama't napakarami nang nagawang gawain ang Diyos, hindi pa Niya naihahatid ang realidad sa mga tao; para mas eksakto, hindi pa Niya nakastigo nang personal ang sinuman kailanman. Ang ilang tao ay nalantad na sa gayong mga pagsubok, ang kanilang makasalanang mga kamay ay palayo nang palayo, iniisip na madaling malamangan ang Diyos, na kaya nilang gawin ang anumang gusto nila. Yamang hindi nila kayang matagalan maging ang ganitong uri ng pagsubok, lalo na ang mas mahihirap pa na pagsubok para sa kanila, gayon din ang pagtataglay ng realidad. Hindi ba sinusubukan lamang nilang lokohin ang Diyos? Ang pagkakaroon ng realidad ay hindi isang bagay na maaaring dayain, ni hindi isang bagay ang realidad na makakamit mo sa pamamagitan ng pag-alam dito. Depende iyon sa iyong totoong tayog, gayon din kung kaya mong matagalan ang lahat ng pagsubok o hindi. Nauunawaan mo ba?

Hindi lamang kakayahang magsalita tungkol sa realidad ang kinakailangan ng Diyos sa mga tao; napakadali sana niyan, hindi ba? Kung gayon, bakit binabanggit ng Diyos ang pagpasok sa buhay? Bakit Siya nagsasalita tungkol sa pagbabago? Kung ang kaya lamang ng mga tao ay hungkag na pananalita tungkol sa realidad, magkakamit ba sila ng pagbabago sa kanilang disposisyon? Ang mabubuting kawal ng kaharian ay hindi sinanay na maging isang grupo ng mga tao na kaya lamang magsalita tungkol sa realidad o magyabang; sa halip, sinanay silang isabuhay ang mga salita ng Diyos sa lahat ng oras, manatiling hindi sumusuko anumang mga dagok ang kinakaharap nila, at patuloy na mamuhay alinsunod sa mga salita ng Diyos at huwag bumalik sa mundo. Ito ang realidad na sinasabi ng Diyos; ito ang kinakailangan ng Diyos sa tao. Sa gayon, huwag isiping napakadali ng realidad na binabanggit ng Diyos. Ang kaliwanagan lamang mula sa Banal na Espiritu ay hindi kapantay ng pagtataglay ng realidad. Hindi gayon ang tayog ng tao—ito ang biyaya ng Diyos, kung saan walang iniaambag ang tao. Bawat tao ay kailangang tiisin ang mga pagdurusa ni Pedro, at, higit pa rito, taglayin ang kaluwalhatian ni Pedro, na kanilang isinasabuhay matapos nilang matamo ang gawain ng Diyos. Ito lamang ang matatawag na realidad. Huwag isipin na taglay mo ang realidad dahil lamang sa kaya mong magsalita tungkol dito; maling akala iyan. Ang gayong mga saloobin ay hindi naaayon sa kalooban ng Diyos at walang tunay na kabuluhan. Huwag mong sabihin ang gayong mga bagay sa hinaharap—pawiin ang gayong mga kasabihan! Lahat ng may maling pagkaunawa sa mga salita ng Diyos ay mga walang pananampalataya. Wala silang anumang tunay na kaalaman, lalo nang walang anumang totoong tayog; sila ay mga mangmang na walang realidad. Sa madaling salita, lahat ng nabubuhay sa labas ng diwa ng mga salita ng Diyos ay mga walang pananampalataya. Yaong mga itinuturing ng mga tao na walang pananampalataya ay mga hayop sa mga

mata ng Diyos, at yaong mga itinuturing ng Diyos na mga walang pananampalataya ay mga taong walang mga salita ng Diyos bilang kanilang buhay. Kung gayon ay masasabi na yaong mga hindi nagtataglay ng realidad ng mga salita ng Diyos at bigong isabuhay ang Kanyang mga salita ay mga walang pananampalataya. Ang layunin ng Diyos ay ipasabuhay sa lahat ang realidad ng Kanyang mga salita—hindi lamang basta mapagsalita ang lahat tungkol sa realidad, kundi, higit pa ryan, bigyang kakayahan ang lahat na isabuhay ang realidad ng Kanyang mga salita. Ang realidad na nahihiwatigan ng tao ay napakababaw; wala itong halaga at ni hindi nito matutupad ang kalooban ng Diyos. Napakaaba nito at ni hindi nararapat banggitin. Kulang na kulang ito at napakalayo sa mga pamantayan ng mga kinakailangan ng Diyos. Bawat isa sa inyo ay isasailalim sa isang matinding pagsisiyasat upang makita kung sino sa inyo ang nakaaalam lamang kung paano magsalita tungkol sa inyong pagkaunawa nang hindi nagagawang ituro ang landas, gayundin upang matuklasan kung sino sa inyo ang mga walang-silbing basura. Tandaan ito mula ngayon! Huwag magsalita tungkol sa hungkag na kaalaman; magsalita lamang tungkol sa landas ng pagsasagawa at tungkol sa realidad. Ang paglipat mula sa tunay na kaalaman tungo sa tunay na pagsasagawa, at pagkatapos ay paglipat mula sa pagsasagawa tungo sa tunay na pagsasabuhay. Huwag pangaralan ang iba, at huwag magsalita tungkol sa tunay na kaalaman. Kung ang iyong pagkaunawa ay isang landas, malaya kayong magsalita tungkol doon; kung hindi, mangyaring itikom mo ang bibig mo at tumigil ka sa pagsasalita! Walang silbi ang sinasabi mo. Binabanggit mo ang pag-unawa upang linlangin ang Diyos at inggitin ang iba. Hindi ba iyon ang ambisyon mo? Hindi ba sadya mong pinaglalaruan ang iba? Mayroon bang anumang halaga ito? Kung nagsasalita ka tungkol sa pag-unawa pagkatapos mo iyong maranasan, hindi nila iisipin na nagyayabang ka. Kung hindi, isa kang taong nagbubuga ng mga salita ng pagyayabang. Maraming bagay sa iyong totoong karanasan na hindi mo madaig, at hindi ka maaaring maghimagsik laban sa sarili mong laman; palagi mong ginagawa ang gusto mo, hindi mo pinalulugod kailanman ang kalooban ng Diyos—subalit malakas pa rin ang loob mong magsalita tungkol sa teoretikal na pag-unawa. Wala kang kahihyan! Ang tapang mo pa ring magsalita tungkol sa iyong pagkaunawa sa mga salita ng Diyos. Wala kang pakundangan! Ang pagdidiskurso at pagyayabang ay naging likas na sa iyo, at nakasanayan mo nang gawin iyon. Tuwing nanaisin mong magsalita, ginagawa mo iyon nang madali, ngunit pagdating sa pagsasagawa, ang dami mong sinasabi. Hindi ba ito isang paraan ng panloloko sa iba? Maaari mong malinlang ang mga tao, ngunit hindi malilinlang ang Diyos. Ang mga tao ay walang kamalayan at walang pagkahiwig, ngunit seryoso ang Diyos tungkol sa gayong mga bagay, at hindi ka Niya palalampasin. Maaaring mamagitan ang iyong mga kapatid para sa iyo, pupurihin nila ang iyong pagkaunawa at hahangaan ka, ngunit kung wala kang realidad, hindi ka palalampasin ng Banal na Espiritu. Marahil ay hindi ka hahanapan ng mali ng praktikal na Diyos, ngunit hindi ka papansinin ng Espiritu ng Diyos, at sapat ang hirap niyon para pasanin mo. Naniniwala ka ba rito? Magsalita ka pa tungkol sa realidad ng pagsasagawa;

nalimutan mo na ba? Magsalita ka pa tungkol sa praktikal na mga landas; nalimutan mo na ba? “Huwag gaanong magsalita tungkol sa matatayog na teorya at walang-halaga at pinalaking usapan; ang pinakamabuting gawin ay magsimulang magsagawa mula ngayon.” Nalimutan mo na ba ang mga salitang ito? Ni hindi mo man lamang ba nauunawaan? Wala ka bang pag-unawa tungkol sa kalooban ng Diyos?

Pag-alam sa Gawain ng Diyos Ngayon

Ang malaman ang gawain ng Diyos sa mga panahong ito, halos karaniwan, ay ang malaman kung ano ang pangunahing ministryo ng Diyos na nagkatawang-tao sa mga huling araw, at kung ano ang gagawin Niya sa lupa. Nabanggit Ko na dati sa Aking mga salita na naparito ang Diyos sa lupa (sa mga huling araw) para magtakda ng isang halimbawa bago lumisan. Paano itinatakda ng Diyos ang halimbawang ito? Ginagawa Niya ito sa pamamagitan ng pagpapahayag ng mga salita, at sa paggawa at pagsasalita sa buong lupain. Ito ang gawain ng Diyos sa mga huling araw; nagsasalita lamang Siya, para gawing isang mundo ng mga salita ang lupa, upang bawat tao ay matustusan at maliwanagan ng Kanyang mga salita, at upang ang espiritu ng tao ay mapukaw at magkamit ng kalinawan tungkol sa mga pangitain. Sa mga huling araw, naparito ang Diyos na nagkatawang-tao sa lupa una sa lahat upang magpahayag ng mga salita. Nang pumarito si Jesus, ipinalaganap Niya ang ebanghelyo ng kaharian ng langit, at isinakatuparan Niya ang gawain ng pagtubos na magpapako sa krus. Winakasan Niya ang Kapanahunan ng Kautusan at tinanggal ang lahat ng luma. Winakasan ng pagdating ni Jesus ang Kapanahunan ng Kautusan at pinasimulan ang Kapanahunan ng Biyaya; winakasan ng pagdating ng Diyos na nagkatawang-tao sa mga huling araw ang Kapanahunan ng Biyaya. Dumating Siya una sa lahat para ipahayag ang Kanyang mga salita, gumamit Siya ng mga salita para gawing perpekto ang tao, tanglawan at liwanagan ang tao, at alisan ng puwang ang malabong Diyos sa puso ng tao. Hindi ito ang yugto ng gawaing ginawa ni Jesus nang Siya ay pumarito. Nang pumarito si Jesus, nagsagawa Siya ng maraming himala, pinagaling Niya ang mga maysakit at pinalayas ang mga demonyo, at ginawa Niya ang gawain ng pagtubos na magpapako sa krus. Bunga nito, sa mga haka-haka ng mga tao, naniniwala sila na ganito dapat ang Diyos. Sapagkat nang pumarito si Jesus, hindi Niya ginawa ang gawaing tanggalin ang larawan ng malabong Diyos sa puso ng tao; nang pumarito Siya, ipinako Siya sa krus, pinagaling Niya ang mga maysakit at pinalayas ang mga demonyo, at ipinalaganap Niya ang ebanghelyo ng kaharian ng langit. Sa isang banda, inaalisan ng pagkakatawang-tao ng Diyos sa mga huling araw ang puwang na hawak ng malabong Diyos sa mga haka-haka ng tao, kaya wala na ang larawan ng malabong Diyos sa puso ng tao. Sa pamamagitan ng Kanyang aktwal na mga salita at aktwal na gawain, ang Kanyang paggalaw sa lahat ng lupain, at ang natatanging tunay at normal na gawaing ginagawa Niya sa tao,

ipinapaalam Niya sa tao ang realidad ng Diyos, at inaalisan ng puwang ang malabong Diyos sa puso ng tao. Sa isa pang banda, ginagamit ng Diyos ang mga salitang ipinahayag ng Kanyang katawang-tao para gawing ganap ang tao, at maisakatuparan ang lahat ng bagay. Ito ang gawaing isasakatuparan ng Diyos sa mga huling araw.

Ang kailangan ninyong malaman:

1. Ang gawain ng Diyos ay hindi higit sa karaniwan, at hindi ka dapat magkaroon ng mga haka-haka tungkol doon.
2. Kailangan ninyong maunawaan ang pangunahing gawaing gagawin ng Diyos na nagkatawang-tao kaya Siya naparito.

Hindi Siya naparito para pagalingin ang mga maysakit, o palayasin ang mga demonyo, o magsagawa ng mga himala, at hindi Siya naparito para ipalaganap ang ebanghelyo ng pagsisisi, o tubusin aang tao. Iyon ay dahil nagawa na ni Jesus ang gawaing ito, at hindi inuulit ng Diyos ang parehong gawain. Ngayon, naparito ang Diyos para wakasan ang Kapanahunan ng Biyaya at itapon ang lahat ng pagsasagawa ng Kapanahunan ng Biyaya. Naparito ang praktikal na Diyos una sa lahat para ipakita na Siya ay tunay. Nang pumarito si Jesus, nagpahayag Siya ng ilang salita; nagpakita Siya una sa lahat ng himala, nagsagawa ng mga tanda at kababalaghan, at nagpagaling ng mga maysakit at nagpalayas ng mga demonyo, o kung hindi man ay nagpahayag Siya ng mga propesiya upang makumbinsi ang mga tao at ipakita sa kanila na totoong Siya ang Diyos, at na isa Siyang Diyos na walang kinikilingan. Sa huli, tinapos Niya ang gawaing magpapako sa krus. Ang Diyos ng ngayon ay hindi nagpapakita ng mga tanda at kababalaghan, ni hindi Siya nagpapagaling ng mga maysakit at nagpapalayas ng mga demonyo. Nang pumarito si Jesus, ang gawaing Kanyang ginawa ay kumatawan talaga sa isang bahagi ng Diyos, ngunit sa pagkakataong ito ay naparito ang Diyos para gawin ang yugto ng gawaing kinakailangan, sapagkat hindi inuulit ng Diyos ang iisang gawain; Siya ang Diyos na palaging bago at hindi kailanman naluluma, kaya naman lahat ng nakikita mo ngayon ay ang mga salita at gawain ng praktikal na Diyos.

Ang Diyos na nagkatawang-tao sa mga huling araw ay naparito una sa lahat upang ipahayag ang Kanyang mga salita, ipaliwanag ang lahat ng kinakailangan sa buhay ng tao, ituro ang dapat pasukin ng tao, ipakita sa tao ang mga gawa ng Diyos, at ipakita sa tao ang karunungan, walang-hanggang kapangyarihan, at pagiging kamangha-mangha ng Diyos. Sa pamamagitan ng maraming paraan ng pagsasalita ng Diyos, namamasdan ng tao ang pangingibabaw ng Diyos, ang kalakhan ng Diyos, at, bukod dito, ang pagpapakumbaba at pagiging tago ng Diyos. Nakikita ng tao na ang Diyos ay kataas-taasan, ngunit na Siya ay mapagpakumbaba at tago, at maaaring maging pinakaaba sa lahat. Ang ilan sa Kanyang mga salita ay ipinapahayag mula sa pananaw mismo ng Espiritu, ang ilan ay mula sa pananaw mismo ng tao, at ang ilan ay mula sa pananaw ng pangatlong tao. Dito, makikita na ang paraan ng gawain ng Diyos ay malaki ang pagkakaiba, at sa pamamagitan ng mga salita ay tinutulutan Niyang makita ito ng tao. Ang gawain ng Diyos sa mga huling araw ay kapwa normal at tunay, at dahil dito ay

isinasailalim ang grupo ng mga tao sa mga huling araw sa pinakamatindi sa lahat ng pagsubok. Dahil sa normalidad at realidad ng Diyos, lahat ng tao ay nakapasok sa gitna ng gayong mga pagsubok; nasadlak ang tao sa mga pagsubok ng Diyos dahil sa normalidad at realidad ng Diyos. Noong kapanahunan ni Jesus, walang mga haka-haka o pagsubok. Dahil karamihan sa gawaing ginawa ni Jesus ay umayon sa mga haka-haka ng tao, sinundan Siya ng mga tao, at wala silang mga haka-haka tungkol sa Kanya. Ang mga pagsubok sa ngayon ang pinakamatinding nakaharap ng tao, at kapag sinabi na ang mga taong ito ay nakalabas mula sa malaking kapighatian, ito ang kapighatiang tinutukoy. Ngayon, nagsasalita ang Diyos para matutong manampalataya, magmahal, tumanggap ng pagdurusa, at sumunod ang mga taong ito. Ang mga salitang ipinahayag ng Diyos na nagkatawang-tao sa mga huling araw ay ipinahayag alinsunod sa likas na pagkatao at diwa ng tao, ugali ng tao, at dapat pasukin ng tao ngayon. Ang Kanyang mga salita ay kapwa tunay at normal: Hindi Siya nagsasalita tungkol sa kinabukasan, ni hindi Siya lumilingon sa kahapon; nagsasalita lamang Siya tungkol sa dapat pasukin, isagawa, at unawain ngayon. Kung, sa panahon ngayon, may lumitaw na isang tao na kayang magpakita ng mga tanda at kababalaghan, magpalayas ng mga demonyo, magpagaling ng mga maysakit, at magsagawa ng maraming himala, at kung sinasabi ng taong ito na siya si Jesus na naparito, isang huwad ito na gawa ng masasamang espiritong gumagaya kay Jesus. Tandaan ito! Hindi inuulit ng Diyos ang parehong gawain. Nakumpleto na ang yugto ng gawain ni Jesus, at hindi na muling isasagawa ng Diyos ang yugtong iyon ng gawain. Ang gawain ng Diyos ay hindi maipagkakasundo sa mga haka-haka ng tao; halimbawa, ipinropesiya sa Lumang Tipan ang pagparito ng isang Mesiyas, at ang resulta ng propesiyang ito ay ang pagparito ni Jesus. Dahil nangyari na ito, magiging mali na muling may pumaritong isa pang Mesiyas. Pumarito nang minsan si Jesus, at magiging mali kung paparitong muli si Jesus sa pagkakataong ito. Mayroong isang pangalan para sa bawat kapanahunan, at bawat pangalan ay may paglalarawan ng kapanahunang ito. Sa mga haka-haka ng tao, kailangang laging magpakita ang Diyos ng mga tanda at kababalaghan, kailangang laging magpagaling ng mga maysakit at magpalayas ng mga demonyo, at kailangang laging maging katulad lamang ni Jesus. Subalit sa pagkakataong ito, hindi ganoon ang Diyos. Kung, sa mga huling araw, nagpakita pa rin ang Diyos ng mga tanda at mga kababalaghan, at nagtaboy pa rin ng mga demonyo at nagpagaling ng mga maysakit—kung gagawin Niya ang ginawa mismo ni Jesus—uulitin ng Diyos ang parehong gawain, at mawawalan ng kabuluhan o halaga ang gawain ni Jesus. Sa gayon, isinasagawa ng Diyos ang isang yugto ng gawain sa bawat kapanahunan. Kapag natapos na ang bawat yugto ng Kanyang gawain, agad itong ginagaya ng masasamang espiritu, at matapos simulang sundan ni Satanas ang mga yapak ng Diyos, nag-iiba ng pamamaraan ang Diyos. Kapag natapos na ng Diyos ang isang yugto ng Kanyang gawain, ginagaya ito ng masasamang espiritu. Kailangang maging malinaw sa iyo ang tungkol dito. Bakit iba ang gawain ng Diyos ngayon sa gawain ni Jesus? Bakit hindi nagpapakita ng mga tanda at

kababalaghan, hindi nagpapalayas ng mga demonyo, at hindi nagpapagaling ng mga maysakit ang Diyos ngayon? Kung pareho ang gawain ni Jesus sa gawaing ginawa noong Kapanahunan ng Kautusan, maaari kayang kinatawan na Niya ang Diyos ng Kapanahunan ng Biyaya? Maaari kayang natapos Niya ang gawaing magpapako sa krus? Kung si Jesus, tulad noong Kapanahunan ng Kautusan, ay pumasok sa templo at sinunod ang Sabbath, wala sanang nang-usig sa Kanya at tinanggap sana Siya ng lahat. Kung nagkagayon, maaari kayang naipako Siya sa krus? Natapos kaya Niya ang gawain ng pagtubos? Ano ang magiging kabuluhan kung nagpakita ng mga tanda at kababalaghan ang Diyos na nagkatawang-tao sa mga huling araw, tulad ng ginawa ni Jesus? Kung ginagawa ng Diyos ang isa pang bahagi ng Kanyang gawain sa mga huling araw, isang kumakatawan sa bahagi ng Kanyang plano ng pamamahala, saka lamang magkakaroon ang tao ng mas malalim na kaalaman tungkol sa Diyos, at saka lamang matatapos ang plano ng pamamahala ng Diyos.

Sa mga huling araw, naparito ang Diyos una sa lahat upang ipahayag ang Kanyang mga salita. Nagpapahayag Siya mula sa pananaw ng Espiritu, mula sa pananaw ng tao, at mula sa pananaw ng pangatlong tao; nagpapahayag Siya sa iba't ibang paraan, gamit ang isang paraan sa loob ng isang panahon, at ginagamit Niya ang pamamaraan ng pagpapahayag para baguhin ang mga haka-haka ng tao at tanggalin ang larawan ng malabong Diyos sa puso ng tao. Ito ang pangunahing gawaing ginawa ng Diyos. Dahil naniniwala ang tao na naparito ang Diyos para magpagaling ng mga may sakit, magtaboy ng mga demonyo, magsagawa ng mga himala, at magkaloob ng materyal na mga pagpapala sa tao, isinasagawa ng Diyos ang yugtong ito ng gawain—ang gawain ng pagkastigo at paghatol—upang alisin ang gayong mga bagay mula sa mga haka-haka ng tao, upang malaman ng tao ang realidad at normalidad ng Diyos, at upang maalis sa puso niya ang larawan ni Jesus at mapalitan ng panibagong larawan ng Diyos. Sa sandaling tumanda ang larawan ng Diyos sa kalooban ng tao, nagiging isang diyus-diyusan ito. Nang pumarito si Jesus at isagawa ang yugtong iyon ng gawain, hindi Niya kinatawan ang kabuuan ng Diyos. Nagsagawa Siya ng ilang tanda at kababalaghan, nagpahayag ng ilang salita, at sa huli ay ipinako sa krus. Kinatawan Niya ang isang bahagi ng Diyos. Hindi Niya maaaring katawanin ang lahat ng sa Diyos, kundi sa halip ay kinatawan Niya ang Diyos sa paggawa ng isang bahagi ng gawain ng Diyos. Iyon ay dahil napakadakila ng Diyos, at lubhang kamangha-mangha, at hindi Siya maarok, at dahil isang bahagi lamang ng Kanyang gawain ang ginagawa ng Diyos sa bawat kapanahunan. Ang gawaing ginagawa ng Diyos sa kapanahunang ito una sa lahat ay ang paglalaan ng mga salita para sa buhay ng tao; ang paglalantad ng likas na pagkatao at diwa ng tao, at ang kanyang tiwaling disposisyon, at ang pag-aalis ng mga haka-hakang pangrelihiyon, piyudal na pag-iisip, at lipas na pag-iisip, at ang kaalaman at kultura ng tao ay dapat linisin sa pamamagitan ng paglalantad ng mga salita ng Diyos. Sa mga huling araw, gumagamit ang Diyos ng mga salita, hindi ng mga tanda at kababalaghan, para gawing perpekto ang tao. Ginagamit Niya ang Kanyang mga salita

para ilantad ang tao, hatulan ang tao, kastiguhin ang tao, at gawing perpekto ang tao, upang sa mga salita ng Diyos, makikita ng tao ang karunungan at pagiging kaibig-ibig ng Diyos, at mauunawaan ang disposisyon ng Diyos, at upang sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos, mapagmamasdan ng tao ang mga gawa ng Diyos. Sa Kapanahunan ng Kautusan, inakay ni Jehova si Moises palabas ng Ehipto gamit ang Kanyang mga salita, at nagpahayag ng ilang salita sa mga Israelita; noon, bahagi ng mga gawa ng Diyos ang ginawang payak, ngunit dahil limitado ang kakayahan ng tao at walang maaaring kumumpleto sa Kanyang kaalaman, patuloy na nagpahayag at gumawa ang Diyos. Sa Kapanahunan ng Biyaya, nakitang muli ng tao ang bahagi ng mga gawa ng Diyos. Nagawang magpakita ni Jesus ng mga tanda at kababalaghan, magpagaling ng mga maysakit at magpalayas ng mga demonyo, at magpapako sa krus, at pagkaraan ng tatlong araw ay nabuhay Siyang mag-uli at nagpakita sa katawang-tao sa harap ng tao. Tungkol sa Diyos, wala nang ibang alam ang tao na higit pa rito. Ang nalalaman ng tao ay kasindami lamang ng ipinakikita ng Diyos sa kanya, at kung wala nang ibang ipapakita ang Diyos sa tao, iyon ang magiging lawak ng limitasyon ng tao sa Diyos. Sa gayon, patuloy na gumagawa ang Diyos, upang mas lumalim ang kaalaman ng tao tungkol sa Kanya, at upang unti-unting malaman ng tao ang diwa ng Diyos. Sa mga huling araw, ginagamit ng Diyos ang Kanyang mga salita upang gawing perpekto ang tao. Ang iyong tiwaling disposisyon ay ibinubunyag ng mga salita ng Diyos, at ang iyong mga haka-hakang pangrelihiyon ay pinapalitan ng realidad ng Diyos. Ang Diyos na nagkatawang-tao sa mga huling araw ay naparito una sa lahat para tuparin ang mga salitang, “ang Salita ay nagkatawang-tao, ang Salita ay dumating sa loob ng katawang-tao, at ang Salita ay nagpapakita sa katawang-tao,” at kung wala kang masusing kaalaman tungkol dito, hindi ka magiging matatag. Sa mga huling araw, layon ng Diyos una sa lahat na magsakatuparan ng isang yugto ng gawain kung saan nagpapakita ang Salita sa katawang-tao, at ito ay isang bahagi ng plano ng pamamahala ng Diyos. Sa gayon, kailangang maging malinaw ang inyong kaalaman; paano man gumagawa ang Diyos, hindi pinahihintulutan ng Diyos na limitahan Siya ng tao. Kung hindi ginawa ng Diyos ang gawaing ito sa mga huling araw, hindi na lalago pa ang kaalaman ng tao tungkol sa Kanya. Malalaman mo lamang na ang Diyos ay maaaring ipako sa krus at maaaring wasakin ang Sodoma, at na si Jesus ay maaaring buhaying muli mula sa mga patay at magpakita kay Pedro.... Ngunit hindi mo sasabihin kailanman na ang mga salita ng Diyos ay maaaring isakatuparan ang lahat, at maaaring lupigin ang tao. Maaari mo lamang ipahayag ang gayong kaalaman sa pamamagitan ng pagdanas ng mga salita ng Diyos, at habang mas maraming gawain ng Diyos ang nararanasan mo, mas masusi ang magiging kaalaman mo sa Kanya. Saka ka lamang titigil sa paglimita sa Diyos ayon sa sarili mong mga haka-haka. Nakikilala ng tao ang Diyos sa pamamagitan ng pagdanas ng Kanyang gawain; wala nang ibang tamang paraan para makilala ang Diyos. Ngayon, maraming taong walang ginagawa kundi maghintay na makita ang mga tanda at kababalaghan at ang panahon ng matitinding kalamidad. Naniniwala ka

ba sa Diyos, o naniniwala ka sa matitinding kalamidad? Kapag dumating ang matitinding kalamidad magiging huli na ang lahat, at kung hindi magbubuhos ang Diyos ng matitinding kalamidad, hindi ba Siya Diyos? Naniniwala ka ba sa mga tanda at kababalaghan, o naniniwala ka ba sa Diyos Mismo? Hindi nagpakita si Jesus ng mga tanda at kababalaghan nang kutayin Siya ng iba, ngunit hindi ba Siya Diyos? Naniniwala ka ba sa mga tanda at kababalaghan, o naniniwala ka ba sa diwa ng Diyos? Mali ang mga pananaw ng tao tungkol sa paniniwala sa Diyos! Nagpahayag si Jehova ng maraming salita sa Kapanahunan ng Kautusan, ngunit kahit ngayo'y hindi pa natutupad ang ilan sa mga iyon. Masasabi mo ba na hindi Diyos si Jehova?

Ngayon, dapat ay malinawan ninyong lahat na, sa mga huling araw, ang katotohanan una sa lahat na “ang Salita ay nagkatawang-tao” ang isinasakatuparan ng Diyos. Sa pamamagitan ng Kanyang aktwal na gawain sa lupa, ginagawa Niyang makilala Siya ng tao at makipag-ugnayan sa Kanya, at makita ang Kanyang aktwal na mga gawa. Ginagawa Niya na malinaw na makita ng tao na kaya Niyang magpakita ng mga tanda at kababalaghan at na mayroon ding mga pagkakataon na hindi Niya nagagawa iyon; nakadepende ito sa kapanahunan. Mula rito, makikita mo na may kakayahan ang Diyos na magpakita ng mga tanda at kababalaghan, ngunit sa halip ay binabago Niya ang Kanyang paraan ng paggawa ayon sa gawaing gagawin at ayon sa kapanahunan. Sa kasalukuyang yugto ng gawain, hindi Siya nagpapakita ng mga tanda at kababalaghan; nagpakita Siya ng ilang tanda at kababalaghan sa kapanahunan ni Jesus dahil iba ang Kanyang gawain sa kapanahunang iyon. Hindi ginagawa ng Diyos ang gawaing iyon ngayon, at naniniwala ang ilang tao na hindi Niya kayang magpakita ng mga tanda at kababalaghan, o kaya ay iniisip nila na kung hindi Siya nagpapakita ng mga tanda at kababalaghan, hindi Siya Diyos. Hindi ba isang kamalian iyan? Kaya ng Diyos na magpakita ng mga tanda at kababalaghan, ngunit gumagawa Siya sa ibang kapanahunan, kaya nga hindi Siya gumagawa ng gayong gawain. Dahil ito ay ibang kapanahunan, at dahil ito ay ibang yugto ng gawain ng Diyos, ang mga gawang ginawang payak ng Diyos ay iba rin. Ang paniniwala ng tao sa Diyos ay hindi paniniwala sa mga tanda at kababalaghan, ni hindi paniniwala sa mga himala, kundi paniniwala sa Kanyang tunay na gawain sa bagong kapanahunan. Nakikilala ng tao ang Diyos sa pamamaraan ng paggawa ng Diyos, at ang kaalamang ito ay nagbubunga sa tao ng paniniwala sa Diyos, na ibig sabihin, paniniwala sa gawain at mga gawa ng Diyos. Sa yugtong ito ng gawain, nagsasalita lamang ang Diyos. Huwag hintaying makakita ng mga tanda at kababalaghan; wala kang makikitang anuman! Ito ay dahil hindi ka isinilang sa Kapanahunan ng Biyaya. Kung isinilang ka noon, maaaring nakakita ka ng mga tanda at kababalaghan, ngunit isinilang ka sa mga huling araw, kaya nga ang nakikita mo lamang ay ang realidad at normalidad ng Diyos. Huwag mong asahang makita ang kahima-himalang Jesus sa mga huling araw. Nagagawa mo lamang makita ang praktikal na Diyos na nagkatawang-tao, na hindi naiiba sa sinumang normal na tao. Sa bawat kapanahunan, ginagawang payak ng Diyos ang iba’t ibang mga gawa. Sa bawat

kapanahunan, ginagawa Niyang payak ang bahagi ng mga gawa ng Diyos, at ang gawain ng bawat kapanahunan ay kumakatawan sa isang bahagi ng disposisyon ng Diyos, at isang bahagi ng mga gawa ng Diyos. Ang mga gawang ginagawa Niyang payak ay iba-iba ayon sa kapanahunan kung saan Siya gumagawa, ngunit lahat ay nagbibigay sa tao ng mas malalim na kaalaman tungkol sa Diyos, isang paniniwala sa Diyos na mas totoo at praktikal. Naniniwala ang tao sa Diyos dahil sa lahat ng gawa ng Diyos, dahil ang Diyos ay lubhang kamangha-mangha, napakadakila, dahil Siya ay makapangyarihan at hindi maarok. Kung naniniwala ka sa Diyos dahil kaya Niyang magsagawa ng mga tanda at kababalaghan at magpagaling ng mga maysakit at magpalayas ng mga demonyo, mali ang pananaw mo, at sasabihin sa iyo ng ilang tao, “Hindi ba nagagawa rin ng masasamang espiritu ang gayong mga bagay?” Hindi ba ito nililito ang larawan ng Diyos sa larawan ni Satanas? Ngayon, ang paniniwala ng tao sa Diyos ay dahil sa Kanyang maraming gawa at sa napakaraming gawaing Kanyang ginagawa at sa maraming paraan ng Kanyang pagpapahayag. Ginagamit ng Diyos ang Kanyang mga pahayag para lupigin ang tao at gawin siyang perpekto. Naniniwala ang tao sa Diyos dahil sa Kanyang maraming gawa, hindi dahil sa nakakaya Niyang magpakita ng mga tanda at kababalaghan; nakikilala lamang ng mga tao ang Diyos sa pagsaksi sa Kanyang mga gawa. Sa pag-alam lamang sa aktwal na mga gawa ng Diyos, kung paano Siya gumagawa, anong matatalinong pamamaraan ang ginagamit Niya, paano Siya magsalita, at paano Niya ginagawang perpekto ang tao—sa pag-alam lamang sa mga aspetong ito—maaari mong maintihan ang realidad ng Diyos at maunawaan ang Kanyang disposisyon, na nababatid kung ano ang Kanyang gusto, ano ang Kanyang kinasusuklanan, at paano Siya gumagawa sa tao. Sa pag-unawa sa mga gusto at ayaw ng Diyos, maaari mong malaman ang pagkakaiba sa pagitan ng positibo at negatibo, at sa pamamagitan ng iyong kaalaman tungkol sa Diyos ay may pag-unlad sa buhay mo. Sa madaling salita, kailangang magtamo ka ng isang kaalaman tungkol sa gawain ng Diyos, at kailangang ituwid mo ang iyong mga pananaw tungkol sa paniniwala sa Diyos.

Simple ba ang Gawain ng Diyos na Tulad ng Inaakala ng Tao?

Bilang mga mananampalataya sa Diyos, dapat pasalamatan ng bawat isa sa inyo kung paano ninyo tunay na natamo ang sukdulang pagdadakila at pagliligtas sa pamamagitan ng pagtanggap sa gawain ng Diyos sa mga huling araw at sa gawain ng Kanyang plano na ginagawa Niya sa iyo ngayon. Ginawa ng Diyos na nag-iisang tuon ng Kanyang gawain ang grupong ito ng mga tao sa buong sansinukob. Isinakripisyo na Niya ang lahat ng dugo sa Kanyang puso para sa inyo; binawi at ibinigay na Niya sa inyo ang buong gawain ng Espiritu sa buong sansinukob. Ito ang dahilan kung bakit kayo ang mapapalad. Bukod pa rito, inilipat na Niya ang Kanyang kaluwalhatian mula sa Israel, ang

mga taong Kanyang hinirang, sa inyo, at lubos Niyang ipamamalas ang layunin ng Kanyang plano sa pamamagitan ng grupong ito. Samakatuwid, kayo ang mga tatanggap ng pamana ng Diyos, at higit pa rito, kayo ang mga tagapagmana ng kaluwalhatian ng Diyos. Marahil ay naaalala ninyong lahat ang mga salitang ito: “Sapagka’t ang aming magaang na kapighatian, na sa isang sandali lamang, ay siyang gumagawa sa amin ng mas higit at walang hanggang bigat ng kaluwalhatian.” Narinig na ninyong lahat dati ang mga salitang ito, subalit walang sinuman sa inyo ang nakaunawa sa tunay na kahulugan nito. Ngayon, alam na alam ninyo ang tunay na kabuluhan ng mga ito. Ang mga salitang ito ay isasakatuparan ng Diyos sa mga huling araw, at matutupad doon sa mga malupit na pinahirapan ng malaking pulang dragon sa lupain kung saan ito nakahimlay na nakapulupot. Ang malaking pulang dragon ay inuusig ang Diyos at kaaway ng Diyos, kaya nga, sa lupaing ito, yaong mga naniniwala sa Diyos ay isinasailalim sa panghihiya at pang-aapi, at natutupad ang mga salitang ito sa inyo, ang grupong ito ng mga tao, dahil dito. Dahil ito ay sinimulan sa isang lupain na lumalaban sa Diyos, lahat ng gawain ng Diyos ay nahaharap sa malalaking balakid, at nangangailangan ng mahaba-habang panahon ang pagsasakatuparan sa marami sa Kanyang mga salita; sa gayon, ang mga tao ay pinipino dahil sa mga salita ng Diyos, na bahagi rin ng pagdurusang. Napakahirap para sa Diyos na isakatuparan ang Kanyang gawain sa lupain ng malaking pulang dragon—ngunit sa pamamagitan ng paghihirap na ito ginagawa ng Diyos ang isang yugto ng Kanyang gawain, na nagpapamalas ng Kanyang karunungan at kamangha-manghang mga gawa, at ginagamit ang pagkakataong ito upang gawing ganap ang grupong ito ng mga tao. Sa pamamagitan ng pagdurusang ng mga tao, sa pamamagitan ng kanilang kakayahan, at sa pamamagitan ng lahat ng satanikong disposisyon ng mga tao ng maruming lupaing ito ginagawa ng Diyos ang Kanyang gawain ng pagdadalisay at paglupig, upang, mula rito, magkamit Siya ng kaluwalhatian, at makamit Niya yaong mga magpapatotoo sa Kanyang mga gawa. Ganyan ang buong kabuluhan ng lahat ng sakripisyong ginawa ng Diyos para sa grupong ito ng mga tao. Ibig sabihin, ginagawa ng Diyos ang gawain ng panlulupig sa pamamagitan ng mga kumontra sa Kanya, at sa gayon lamang maipamamalas ang malaking kapangyarihan ng Diyos. Sa madaling salita, yaon lamang mga nasa maruming lupain ang karapat-dapat na magmana ng kaluwalhatian ng Diyos, at ito lamang ang magpapabukod-tangi sa dakilang kapangyarihan ng Diyos. Ito ang dahilan kung bakit sa maruming lupain, at sa mga yaon na naninirahan doon, nakakamit ang kaluwalhatian ng Diyos. Ganyan ang kalooban ng Diyos. Ang yugto ng gawain ni Jesus ay kapareho nito: Maaari lamang Siyang magtamo ng kaluwalhatian sa gitna ng mga Pariseo na umusig sa Kanya; kung hindi sa pag-uusig ng mga Pariseo at sa pagkakanulo ni Judas, hindi sana napagtawanan o nasiraang-puri si Jesus, lalong hindi sana Siya ipinako sa krus, at sa gayon ay hindi sana Siya nagkamit ng kaluwalhatian. Kung saan gumagawa ang Diyos sa bawat kapanahunan, at kung saan Siya gumagawa ng Kanyang gawain sa katawang-tao, doon Siya nagkakamit ng kaluwalhatian at doon Niya nakakamit yaong mga nais Niyang makamitan. Ito ang plano ng gawain ng Diyos, at ito ang Kanyang pamamahala.

Sa plano ng Diyos ng ilang libong taon, dalawang bahagi ng gawain ang ginagawa sa katawang-tao: Ang una ay ang gawaing maipako sa krus, kung saan Siya ay nagtatamo ng kaluwalhatian; ang isa pa ay ang gawain ng panlulupig at pagpeperpekto sa mga huling araw, kung saan Siya ay nagtatamo ng kaluwalhatian. Ito ang pamamahala ng Diyos. Kaya huwag ninyong ituring na simpleng bagay ang gawain ng Diyos, o ang tagubilin ng Diyos sa inyo. Lahat kayo ay mga tagapagmana sa sobra-sobra at walang-hanggang bigat ng kaluwalhatian ng Diyos, at ito ay espesyal na itinalaga ng Diyos. Sa dalawang bahagi ng Kanyang kaluwalhatian, ang isa ay nakikita sa inyo; ang kabuuan ng isang bahagi ng kaluwalhatian ng Diyos ay ipinagkaloob na sa inyo, upang siyang maging inyong pamana. Ito ang pagdadakila sa inyo ng Diyos, at ito rin ang plano na matagal na Niyang paunang natukoy. Dahil sa kadakilaan ng gawaing nagawa ng Diyos sa lupain kung saan nananahan ang malaking pulang dragon, kung nalipat ang gawaing ito sa ibang lugar, matagal na sana itong nagkaroon ng maraming bunga at madaling natanggap ng tao. Bukod pa rito, naging napakadali sanang tanggapin ang gawaing ito para sa mga pastor ng Kanluran na naniniwala sa Diyos, sapagkat ang yugto ng gawain ni Jesus ay nagsisilbing isang huwaran. Ito ang dahilan kung bakit hindi nagagawang makamit ng Diyos ang yugtong ito ng gawain ng pagkakamit ng luwalhati sa ibang lugar; kapag sinusuportahan ng mga tao at kinikilala ng mga bansa ang gawain, hindi magiging matatag ang kaluwalhatian ng Diyos. Ito mismo ang pambihirang kabuluhang taglay ng yugtong ito ng gawain sa lupaing ito. Wala ni isa mang tao sa inyo ang protektado ng batas—sa halip, kayo ay pinaghihigpitan ng batas. Ang mas malaking problema pa ay hindi kayo nauunawaan ng mga tao: Mga kamag-anak man ninyo, mga magulang, mga kaibigan, o mga kasamahan, walang isa man sa kanila ang nakakaunawa sa inyo. Kapag kayo ay pinabayaan ng Diyos, imposibleng patuloy kayong mamuhay sa lupa, ngunit magkagayon man, hindi kaya ng mga tao na mapalayo sa Diyos, na siyang kabuluhan ng paglupig ng Diyos sa mga tao, at siyang kaluwalhatian ng Diyos. Ang namana ninyo sa araw na ito ay higit pa sa namana ng mga apostol at propeta sa lahat ng panahon at higit pa sa namana nina Moises at Pedro. Ang mga pagpapala ay hindi matatanggap sa loob ng isa o dalawang araw; ang mga iyon ay kailangang makamitan sa pamamagitan ng malaking sakripisyo. Ibig sabihin, kailangan niyong magtaglay ng pagmamahal na nagdaan na sa pagpipino, kailangan kayong magkaroon ng malaking pananampalataya, at kailangan kayong magkaroon ng maraming katotohanang hinihingi ng Diyos na inyong matamo; bukod pa rito, kailangang bumaling kayo sa katarungan, nang hindi tinatakot o umiiwas, at kailangang magkaroon kayo ng pagmamahal sa Diyos na tuluy-tuloy hanggang kamatayan. Kailangang magkaroon kayo ng pagpapasya, kailangang magkaroon ng mga pagbabago sa inyong disposisyon sa buhay, kailangang malunasan ang inyong katiwalian, kailangang tanggapin ninyo ang lahat ng pagsasaayos ng Diyos nang walang reklamo, at kailangang maging masunurin kayo maging hanggang kamatayan. Ito ang dapat ninyong makamit, ito ang panghuling layunin ng gawain ng Diyos, at ito ang hinihingi ng Diyos sa grupong ito ng mga tao. Dahil nagbibigay Siya sa

inyo, gayundin naman tiyak na may hihingin Siya bilang kapalit, at tiyak na hihingi Siya ng akmang mga kahilingan sa inyo. Samakatuwid, may dahilan ang lahat ng gawain ng Diyos, na nagpapakita kung bakit, paulit-ulit, gumagawa ang Diyos ng gawaing nagtatakda ng matataas na pamantayan at mahihigpit na kinakailangan. Ito ang dahilan kaya dapat kayong mapuspos ng pananampalataya sa Diyos. Sa madaling salita, lahat ng gawain ng Diyos ay ginagawa para sa inyong kapakanan, nang sa gayon ay maging karapat-dapat kayong tumanggap ng Kanyang pamana. Hindi ito gaanong para sa kapakanan ng sariling kaluwalhatian ng Diyos kundi para sa kapakanan ng inyong kaligtasan at para sa pagpeperpekto sa grupong ito ng mga tao na lubhang napahirapan sa maruming lupain. Dapat ninyong unawain ang kalooban ng Diyos. Kaya nga, pinapayuhan Ko ang maraming taong mangmang na walang anumang kabatiran o katinuan: Huwag ninyong subukin ang Diyos, at huwag na kayong lumaban. Nagtiis na ang Diyos ng pagdurusang hindi kailanman tiniis ng tao, at matagal nang nagtiis maging ng mas matinding kahihyan alang-alang sa tao. Ano pa ang hindi ninyo kayang bitawan? Ano pa ang mas mahalaga kaysa sa kalooban ng Diyos? Ano pa ang mas hihigit kaysa sa pagmamahal ng Diyos? Sapat nang nahirapan ang Diyos na isagawa ang Kanyang gawain sa maruming lupaing ito; kung, bukod pa rito, sadya at kusang sumusuway ang tao, kailangang tagalan pa ang gawain ng Diyos. Sa madaling salita, hindi ito para sa pinakamabuting kapakanan ng isang tao, walang pakinabang ito kaninuman. Walang sinusunod na panahon ang Diyos; ang Kanyang gawain at Kanyang kaluwalhatian ang nauuna. Samakatuwid, isasakripisyo Niya ang lahat para sa Kanyang gawain, gaano man ito katagal. Ito ang disposisyon ng Diyos: Hindi Siya magpapahinga hangga't hindi natatapos ang Kanyang gawain. Magwawakas lamang ang Kanyang gawain kapag natatamo na Niya ang ikalawang bahagi ng Kanyang kaluwalhatian. Kung sa buong sansinukob ay hindi natatapos ng Diyos ang ikalawang bahagi ng Kanyang gawain ng pagtatamo ng kaluwalhatian, hindi darating kailanman ang Kanyang araw, hindi lilisanin ng Kanyang kamay ang mga taong Kanyang hinirang, hindi sasapit ang Kanyang kaluwalhatian sa Israel kailanman, at hindi natatapos ang Kanyang plano kailanman. Dapat ninyong makita ang kalooban ng Diyos, at dapat ninyong makita na ang gawain ng Diyos ay hindi kasing-simple ng paglikha sa mga kalangitan at sa lupa at sa lahat ng bagay. Iyan ay dahil ang gawain sa ngayon ay ang pagbabago ng mga yaong nagawang tiwali, na naging labis na manhid, iyon ay para dalisayin yaong mga nilikha ngunit inimpluwensyahan ni Satanas. Hindi iyon ang paglikha kay Adan o kay Eba, lalong hindi iyon ang paglikha ng liwanag, o ang paglikha ng lahat ng halaman at hayop. Ginagawang dalisay ng Diyos ang lahat ng bagay na nagawang tiwali ni Satanas at pagkatapos ay muli silang inaangkin; nagiging mga bagay sila na pag-aari Niya, at nagiging Kanyang kaluwalhatian. Hindi ito katulad ng inaakala ng tao, hindi ito kasing-simple ng paglikha ng kalangitan at ng lupa at ng lahat ng bagay na naroon, o ang gawaing sumpain si Satanas sa walang-hanggang kalaliman; sa halip, ito ang gawaing baguhin ang tao—ang mga bagay na negatibo at hindi sa Kanya ay ginagawang mga bagay na positibo at

Kanya nga. Ito ang katotohanan sa likod ng yugtong ito ng gawain ng Diyos. Kailangan ninyo itong maunawaan, at iwasan ang sobrang pagpapasimple ng mga bagay-bagay. Ang gawain ng Diyos ay hindi katulad ng anumang karaniwang gawain. Ang pagiging kamangha-mangha at karunungan nito ay hindi kayang isipin ng tao. Hindi nililikha ng Diyos ang lahat ng bagay sa yugtong ito ng gawain, ngunit hindi rin Niya winawasak ang mga iyon. Sa halip, binabago Niya ang lahat ng bagay na Kanyang nilikha, at dinadalisyang ang lahat ng bagay na narungisan ni Satanas. Kaya nga sinisimulan ng Diyos ang isang napakalaking gawain, na siyang buong kabuluhan ng gawain ng Diyos. Nakikita mo ba sa mga salitang ito na talagang napakasimple ng gawain ng Diyos?

Dapat Kang Mamuhay Para sa Katotohanan Yamang Naniniwala Ka sa Diyos

Ang karaniwang problema na umiiral sa lahat ng tao ay yaong nauunawaan nila ang katotohanan ngunit hindi ito naisasagawa. Sa isang banda, dahil ito sa hindi sila handang magbayad ng halaga para rito, at sa kabilang banda, masyadong salat ang kanilang pagkahiwatig; hindi nila kayang makita ang marami sa mga paghihirap sa pang-araw-araw na pamumuhay sa kung ano ang mga ito, gayundin ay hindi nila alam kung paano magsagawa nang wasto. Sa dahilang ang mga karanasan ng mga tao ay masyadong mababaw, ang kanilang kakayahan ay masyadong mahina, at ang antas ng kanilang pag-unawa sa katotohanan ay limitado, wala silang kakayanang lutasin ang mga paghihirap na kanilang nararanasan sa araw-araw na buhay. Nananampalataya sila sa Diyos sa salita lamang, at hindi nila kayang dalhin ang Diyos sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ibig sabihin, ang Diyos ay Diyos, ang buhay ay buhay, at para bang ang mga tao ay walang relasyon sa Diyos sa kanilang buhay. Iyan ang iniisip ng lahat ng tao. Dahil sa gayong paniniwala sa Diyos, ang mga tao, sa realidad, ay hindi Niya makakamit at mapeperpekto. Sa katunayan, hindi sa hindi ganap ang pagpapabatid ng salita ng Diyos, bagkus ay sadyang hindi lang sapat ang kakayahan ng mga tao na tanggapin ang Kanyang salita. Masasabi na halos walang isa mang tao na kumikilos ayon sa mga orihinal na layunin ng Diyos; sa halip, ang kanilang pananampalataya sa Diyos ay alinsunod sa kanilang sariling mga intensyon, sa kanilang mga relihiyosong kuru-kuro noong nakalipas, at sa kanilang sariling pamamaraan ng pagsasagawa ng mga bagay-bagay. Kakaunti ang mga sumasailalim sa pagbabago kasunod ng pagtanggap ng salita ng Diyos at nagsisimulang kumilos alinsunod sa Kanyang kalooban. Sa halip, nagpapatuloy sila sa kanilang mga maling paniniwala. Kapag ang mga tao ay nagsimulang maniwala sa Diyos, ginagawa nila ito batay sa mga nakaugaliang patakaran ng relihiyon, at namumuhay at nakikihalubilo sila sa iba batay lamang sa kanilang sariling pilosopiya sa pamumuhay. Masasabing iyan ang kalagayan ng siyam sa bawat sampung tao. Napakakaunti ang bumubuo ng isa pang plano at nagbabagong-buhay pagkatapos

umpisahang maniwala sa Diyos. Nabigo ang sangkatauhan na ituring ang salita ng Diyos bilang katotohanan, o, kung tinatanggap ito bilang katotohanan, na isagawa ito.

Tingnan bilang halimbawa ang pananampalataya kay Jesus. Baguhan man sa pananampalataya ang isang tao o matagal na panahon nang may pananampalataya, ang lahat ay ginagamit lamang ang anumang mga talento na mayroon sila at nagpapamalas ng anumang mga kasanayang kanilang angkin. Idinagdag lamang ng mga tao ang tatlong salitang “pananampalataya sa Diyos” sa normal nilang buhay, ngunit walang ginawang pagbabago sa kanilang disposisyon, at ang kanilang pananampalataya sa Diyos ay hindi lumago kahit na katiting. Ang pagpupursigi nila ay hindi mainit at hindi rin malamig. Hindi nila sinabi na bibitiw sila sa kanilang pananampalataya, pero hindi rin nila inihandog ang lahat sa Diyos. Kailanman ay hindi nila tunay na minahal ang Diyos o sinunod Siya. Ang kanilang pananampalataya sa Diyos ay pinaghalong tunay at huwad, ang naging pagdulog nila ay sa pamamagitan ng isang matang dilat at isang matang pikit, at hindi sila naging masigasig sa pagsasagawa ng kanilang pananampalataya. Nagpatuloy sila sa kalagayan ng pagiging nalilito, at sa huli ay namatay nang lango sa pagkalito. Ano ang punto ng lahat ng iyon? Ngayon, upang maniwala sa praktikal na Diyos, kailangan mong tumapak sa tamang landas. Kung naniniwala ka sa Diyos, hindi ka lamang dapat maghanap ng mga pagpapala, kundi mahalin ang Diyos at makilala ang Diyos. Sa pamamagitan ng Kanyang kaliwanagan at ng iyong sariling paghahanap, makakain at maiinom mo ang Kanyang salita, makabubuo ka ng isang tunay na pagkaunawa sa Diyos, at magkakaroon ka ng isang tunay na pagmamahal para sa Diyos na nanggagaling sa kaibuturan ng iyong puso. Sa madaling salita, kapag ang iyong pag-ibig para sa Diyos ay tunay na tunay, at walang sinumang makasisira o makahahadlang sa daan ng iyong pag-ibig para sa Kanya, ikaw kung gayon ay nasa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos. Pinatutunayan nito na pag-aari ka ng Diyos, sapagkat ang puso mo ay naangkin na ng Diyos at sa gayon ay hindi ka na maaangkin ng iba pa. Sa pamamagitan ng iyong karanasan, ng iyong ibinayad na halaga, at ng gawain ng Diyos, nagagawang umusbong nang kusa ng pag-ibig mo para sa Diyos—at kapag nagkagayon, ikaw ay mapapalaya mula sa impluwensya ni Satanas at mabubuhay sa liwanag ng salita ng Diyos. Tanging kapag ikaw ay nakalaya na mula sa impluwensya ng kadiliman, saka lang masasabing nakamit mo na ang Diyos. Sa iyong paniniwala sa Diyos, dapat mong subukang abutin ang mithiing ito. Ito ang tungkulin ng bawat isa sa inyo. Wala sa inyong dapat masiyahan sa kasalukuyang kalagayan ng mga bagay-bagay. Hindi kayo maaaring magdalawang-isip sa gawain ng Diyos o ituring ito na basta-basta lang. Dapat ninyong isipin ang Diyos sa lahat ng larangan at sa lahat ng panahon, at gawin ang lahat ng bagay para sa Kanyang kapakanan. At tuwing nagsasalita kayo o kumikilos, dapat ninyong unahin ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Tanging sa ganitong paraan kayo magiging kaayon ng puso ng Diyos.

Ang pinakamalaking pagkakamali ng mga tao sa kanilang pananampalataya sa

Diyos ay yaong sa salita lamang ang kanilang pananampalataya, at ang Diyos ay lubos na wala sa pang-araw-araw nilang buhay. Ang lahat nga ng tao ay naniniwala sa pag-iral ng Diyos, subalit ang Diyos ay hindi bahagi ng kanilang pang-araw-araw na mga buhay. Namumutawi sa bibig ng mga tao ang maraming panalangin sa Diyos, ngunit ang Diyos ay may maliit lamang na lugar sa kanilang puso, at dahil dito ay paulit-ulit silang sinusubok ng Diyos. Sa dahilang ang mga tao ay hindi dalisay kung kaya't ang Diyos ay walang mapagpipilian kundi subukin sila, upang mapahiya sila at makilala ang kanilang mga sarili sa gitna ng mga pagsubok na ito. Kung hindi, ang sangkatauhan ay magiging mga inapo ng arkanghel, at lalo't lalong magiging tiwali. Sa proseso ng kanilang pananampalataya sa Diyos, iwinawaksi ng bawat tao ang marami sa kanilang personal na motibo at mga layunin habang sila ay walang-humpay na nililinis ng Diyos. Kung hindi, walang magiging paraan ang Diyos upang magamit ang sinuman, at walang paraan na gawin sa tao ang gawaing dapat Niyang gawin. Nililinis muna ng Diyos ang mga tao, at sa prosesong ito, maaaring makilala ng mga tao ang kanilang sarili, at maaaring mabago sila ng Diyos. Pagkatapos lamang nito saka inilalakip ng Diyos ang Kanyang buhay sa kanila, at sa ganitong paraan lamang lubusang makababaling ang puso nila sa Diyos. At kaya sinasabi Ko, ang pananampalataya sa Diyos ay hindi kasingsimple ng sinasabi ng mga tao. Sa paningin ng Diyos, kung may kaalaman ka lamang ngunit wala ang salita Niya bilang buhay, at kung limitado ka lamang sa iyong sariling kaalaman ngunit hindi kayang maisagawa ang katotohanan o maisabuhay ang salita ng Diyos, kung gayon ito ay patunay pa rin na wala kang pusong may pag-ibig para sa Diyos, at ipinakikita nito na ang iyong puso ay hindi pag-aari ng Diyos. Makikilala ng isang tao ang Diyos sa pamamagitan ng pananalig sa Kanya: Ito ang panghuling mithiin at ang mithiin ng pagsisikap ng tao. Dapat kang magsikap na isabuhay ang mga salita ng Diyos upang ang mga ito ay magbunga sa iyong pagsasagawa. Kung mayroon ka lamang kaalaman tungkol sa doktrina, ang iyong pananampalataya sa Diyos ay mauuwi sa wala. Tanging kung iyo ring isinasagawa at isinasabuhay ang Kanyang salita saka lamang maituturing na ganap ang iyong pananampalataya at ayon sa kalooban ng Diyos. Sa landas na ito, maraming tao ang makapagsasalita ng maraming kaalaman, ngunit sa oras ng kanilang kamatayan, ang kanilang mga mata ay umaapaw sa mga luha, at kinapopootan nila ang kanilang mga sarili sa pagkakasayang sa isang buong buhay at pagkabuhay hanggang sa katandaan nang para sa wala. Nauunawaan lang nila ang mga doktrina ngunit hindi nila kayang isagawa ang katotohanan o magpatotoo sa Diyos; sa halip ay tumatakbo lang sila paroo't parito, abala na tulad ng isang bubuyog, at kapag naghihingalo na sila saka lang nila nakikita sa wakas na kulang sila sa tunay na patotoo, na hindi nila tunay na kilala ang Diyos. Hindi ba't ito ay masyadong huli na? Bakit hindi mo samantalain ang araw at hanapin ang katotohanan na iyong minamahal? Bakit maghihintay ka pa hanggang kinabukasan? Kung habang buhay ka ay hindi ka nagdurusa para sa katotohanan o naghahangad na makamit ito, maaari kayang ninanais mong maramdaman ang panghihinayang sa oras ng iyong paghihingalo? Kung gayon,

bakit ka pa maniniwala sa Diyos? Sa katunayan, maraming bagay na kung saan ang mga tao, kung sila'y mag-uukol lamang ng katiting na pagsisikap, ay makapagsasagawa ng katotohanan at sa gayon ay mapalulugod ang Diyos. Dahil lamang ang puso ng mga tao ay palagiang nilulukuban ng mga demonyo kung kaya't hindi sila makakilos para sa kapakanan ng Diyos, at palaging nagmamadali para sa kapakanan ng kanilang laman, nang walang anumang nakakamit mula rito sa katapusan. Dahil dito kung kaya't ang mga tao ay palaging may mga problema at paghihirap. Hindi ba't ito ang mga pagpapahirap ni Satanas? Hindi ba't ito ang katiwalian ng laman? Hindi mo dapat subukang linlangin ang Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya sa salita lamang. Sa halip, dapat kang gumawa ng aktwal na pagkilos. Huwag mong linlangin ang iyong sarili—ano ang magiging punto niyon? Ano ang iyong makakamit sa pamumuhay para sa kapakanan ng iyong laman at pagpapagal para sa kapakinabangan at katanyagan?

Dumadagundong ang Pitong Kulog— Nagpopropesiya na ang Ebanghelyo ng Kaharian ay Lalaganap sa Buong Sansinukob

Ipinalalaganap Ko ang Aking gawain sa mga bansang Hentil. Kumikislap ang Aking kaluwalhatian sa buong sansinukob; taglay ng lahat ng tala-tala-tuldok-tuldok na tao sa loob nila ang Aking kalooban, at silang lahat ay pinapatnubayan ng Aking kamay at sinisimulan ang mga gawaing itinalaga Ko. Simula sa puntong ito, nakapasok na Ako sa isang bagong kapanahunan, na dinadala ang lahat ng tao sa ibang mundo. Nang bumalik Ako sa Aking “bayang tinubuan,” sinimulan Ko ang isa pang bahagi ng gawain sa Aking orihinal na plano, para mas makilala Ako ng tao. Isinasaalang-alang Ko ang buong sansinukob at tinitiyak na^a angkop ang pagkakataong ito para sa Aking gawain, kaya nagmamadali Ako sa lahat ng dako, na ginagawa ang Aking bagong gawain sa tao. Tatal, ito naman ay isang bagong kapanahunan, at nagdala Ako ng bagong gawain upang madala ang mas maraming bagong tao sa bagong kapanahunan at maalig ang mas marami sa mga palalaysin Ko. Sa bansa ng malaking pulang dragon, nagawa Ko na ang isang yugto ng gawain na hindi maarok ng mga tao, na dahilan upang umindayog sila sa hangin, pagkatapos ay marami ang tahimik na natatangay ng ihip ng hangin. Tunay na ito ang “giikan” na malapit Ko nang linisin; ito ang kinasasabikan Ko at ito rin ang plano Ko. Sapagkat maraming masasamang nakapasok habang gumagawa Ako, ngunit hindi Ako nagmamadaling itaboy sila. Bagkus, ikakalat Ko sila pagdating ng tamang panahon. Pagkatapos lamang noon Ako magiging bukal ng buhay, na nagtutulot sa mga tunay na nagmamahal sa Akin na matanggap mula sa Akin ang bunga ng puno ng igos at ang halimuyak ng liryong. Sa lupain kung saan pansamantalang naninirahan si

^a Wala sa orihinal na teksto ang pariralang “tinitiyak na.”

Satanas, ang lupain ng alikabok, walang nananatiling purong ginto, buhangin lamang, kaya nga, sa pagtugon sa mga sitwasyong ito, ginagawa Ko ang yugtong ito ng gawain. Dapat mong malaman na ang natatamo Ko ay puro at dalisay na ginto, hindi buhangin. Paano makakapanatili ang masasama sa Aking sambahayan? Paano Ko matutulutan ang mga soro na maging mga parasito sa Aking paraiso? Ginagamit Ko ang lahat ng maisip na pamamaraan para itaboy ang mga ito. Bago mabunyag ang Aking kalooban, walang nakakaalam sa gagawin Ko. Para masamantala ang pagkakataong ito, itinataboy Ko ang masasama, at napipilitan silang umalis sa Aking harapan. Ito ang ginagawa Ko sa masasama, ngunit darating pa rin ang araw na maglilingkod sila sa Akin. Napakatindi ng pagnanasa ng mga tao sa mga pagpapala; kaya pumipihit Ako at ipinapakita Ko ang Aking maluwalhating mukha sa mga Hentil, para mabuhay ang lahat ng tao sa sarili nilang mundo at husgahan ang kanilang sarili, habang patuloy Kong binibigkas ang mga salitang dapat Kong bigkasin, at ipinagkakaloob sa mga tao ang kanilang kailangan. Kapag natauhan na ang mga tao, matagal Ko nang naipalaganap ang Aking gawain. Pagkatapos ay ipapahayag Ko ang Aking kalooban sa mga tao, at sisimulan Ko ang ikalawang bahagi ng Aking gawain sa kanila, hinahayaan silang lahat na sundan Akong mabuti para makatugma sa Aking gawain, at hinahayaan ang mga taong gawin ang lahat ng kanilang magagawa upang maisagawang kasama Ko ang gawaing kailangan Kong gawin.

Walang sinuman ang may pananampalataya na makikita nila ang Aking kaluwalhatian, at hindi Ko sila pinipilit, kundi sa halip ay inaalís Ko ang Aking kaluwalhatian mula sa sangkatauhan at dinadala ito sa ibang mundo. Kapag muling nagsisi ang mga tao, kukunin Ko ang Aking kaluwalhatian at mas ipapakita ito sa mga may pananampalataya. Ito ang prinsipyong batayan ng Aking paggawa. Sapagkat may isang panahon na iniwan ng Aking kaluwalhatian ang Canaan, at may isang panahon din na iniwan ng Aking kaluwalhatian ang mga taong hinirang. Bukod pa rito, may isang panahon na iniwan ng Aking kaluwalhatian ang buong mundo, kaya kumukulimlim ito at lumulubog sa kadiliman. Kahit ang lupain ng Canaan ay hindi makikita ang sikat ng araw; lahat ng tao ay mawawalan ng pananampalataya, ngunit walang makakatiis na iwan ang halimuyak ng lupain ng Canaan. Kapag nakapasok Ako sa bagong langit at lupa ay saka Ko kukunin ang isa pang bahagi ng Aking kaluwalhatian at ihahayag muna ito sa lupain ng Canaan, na magiging sanhi ng pagkisláp ng liwanag sa buong mundo, na nakalubog sa napakadilim na gabi, upang maaaring lumapit sa liwanag ang buong mundo; upang maaaring humugot ng lakas mula sa kapangyarihan ng liwanag ang lahat ng tao sa buong mundo, na nagpapaibayo at muling nagpapakita ng Aking kaluwalhatian sa bawat bansa; at upang maaaring matanto ng buong sangkatauhan na matagal na Akong naparito sa mundo ng mga tao at matagal Ko nang dinala ang Aking kaluwalhatian mula sa Israel patungong Silangan; sapagkat ang Aking kaluwalhatian ay sumisikat mula sa Silangan at ito ay dinala mula sa Kapanahunan ng Biyaya hanggang sa araw na ito. Ngunit sa Israel Ako lumisan at doon Ako nagmula nang dumating Ako sa Silangan. Kapag

unti-unti nang pumuputi ang liwanag ng Silangan ay saka lamang magsisimulang magliwanag ang kadiliman sa buong mundo, at saka lamang matutuklasan ng tao na matagal Ko nang nilisan ang Israel at muli Akong bumabangon sa Silangan. Dahil minsan na Akong bumaba sa Israel at kalaunan ay nilisan Ko ito, hindi na Ako maaaring isilang na muli sa Israel, dahil namumuno ang Aking gawain sa buong sansinukob at, bukod pa rito, kumikidlat mula sa Silangan patungong Kanluran. Dahil dito bumaba na Ako sa Silangan at dinala Ko ang Canaan sa mga tao ng Silangan. Dadalhin Ko sa lupain ng Canaan ang mga tao mula sa buong mundo, kaya nga patuloy Akong bumibigkas ng mga salita sa lupain ng Canaan upang kontrolin ang buong sansinukob. Sa pagkakataong ito, walang liwanag sa buong mundo maliban sa Canaan, at nanganganib na magutom at ginawin ang lahat ng tao. Ibinigay Ko ang Aking kaluwalhatian sa Israel at pagkatapos ay binawi Ko ito, sa paraang ito ay dinadala ang mga Israelita sa Silangan at ang buong sangkatauhan sa Silangan. Dinala Ko na silang lahat sa liwanag para muli nila itong makasama, at makasalamuha, at hindi na nila kailangan pang hanapin ito. Ipapakita Kong muli ang liwanag sa mga naghahanap dito at ang kaluwalhatianang tinaglay Ko sa Israel; ipapakita Ko sa kanila na matagal na Akong bumaba sakay ng puting ulap sa gitna ng sangkatauhan, ipapakita Ko sa kanila ang napakaraming puting ulap at kumpul-kumpol na saganang mga bunga, at, bukod pa rito, ipapakita Ko sa kanila ang Diyos na si Jehova ng Israel. Ipapakita Ko sa kanila ang Guro ng mga Hudyo, ang pinakahihintay na Mesiyas, at ang buong anyo Ko na pinag-uusig ng mga hari sa lahat ng panahon. Gagawa Ako sa buong sansinukob at magsasagawa Ako ng dakilang gawain, na inihahayag ang Aking buong kaluwalhatian at ang lahat ng Aking gawa sa tao sa mga huling araw. Ipapakita Ko ang kabuuan ng Aking maluwalhating mukha sa mga naghintay nang maraming taon para sa Akin, sa mga nanabik na pumarito Ako sakay ng puting ulap, sa Israel na nanabik na muli Akong magpakita, at sa buong sangkatauhan na umuusig sa Akin, para malaman ng lahat na matagal Ko nang binawi ang Aking kaluwalhatian at dinala ito sa Silangan, at wala na ito sa Judea. Sapagkat sumapit na ang mga huling araw!

Sa buong sansinukob ginagawa Ko ang Aking gawain, at sa Silangan, walang humpay ang mga dagundong ng kulog, niyayanig ang lahat ng bansa at denominasyon. Ang Aking tinig ang umakay sa lahat ng tao sa kasalukuyan. Idinudulot Ko na malupig ng Aking tinig ang lahat ng tao, upang madala sila sa daloy na ito, at magpasakop sa Aking harapan, sapagkat matagal Ko nang binawi ang Aking kaluwalhatian mula sa buong mundo at muli itong inilabas sa Silangan. Sino ang hindi nasasabik na makita ang Aking kaluwalhatian? Sino ang hindi sabik na naghihintay sa Aking pagbabalik? Sino ang hindi nauuhaw sa Aking muling pagpapakita? Sino ang hindi nananabik sa Aking karikitan? Sino ang hindi lalapit sa liwanag? Sino ang hindi hahanga sa kasaganaan ng Canaan? Sino ang hindi nananabik sa pagbabalik ng Manunubos? Sino ang hindi sumasamba sa Kanya na dakila ang kapangyarihan? Ang Aking tinig ay lalaganap sa buong mundo; haharapin Ko ang mga taong Aking hinirang at sasambit Ako ng iba pang

mga salita sa kanila. Gaya ng malalakas na kulog na yumayanig sa mga bundok at ilog, sinasambit Ko ang Aking mga salita sa buong sansinukob at sa sangkatauhan. Kaya naman ang mga salita sa Aking bibig ay naging yaman na ng tao, at itinatangi ng lahat ng tao ang Aking mga salita. Kumikidlat mula sa Silangan patungo sa Kanluran. Ang Aking mga salita ay ayaw isuko ng tao at kasabay nito ay hindi rin niya ito maarok, kundi mas nagagalak dito. Natutuwa at nagagalak ang lahat ng tao, ipinagdiriwang ang Aking pagparito, na tila ba kasisilang lamang ng isang sanggol. Sa pamamagitan ng Aking tinig, dadalhin Ko ang lahat ng tao sa Aking harapan. Mula roon, pormal Akong papasok sa lahi ng mga tao para lumapit sila upang sambahin Ako. Taglay ang kaluwalhati nang nababanaag sa Akin at ang mga salita sa Aking bibig, pahaharapin Ko ang lahat ng tao sa Akin at makikita nila na kumikidlat mula sa Silangan at na bumaba na rin Ako sa “Bundok ng mga Olibo” sa Silangan. Makikita nila na matagal na Akong nasa lupa, hindi na bilang Anak ng mga Hudyo kundi bilang Kidlat ng Silanganan. Sapagkat matagal na Akong nabuhay na muli, at lumisan mula sa sangkatauhan, at pagkatapos ay muli Akong nagpakita nang may kaluwalhatian sa mga tao. Ako Siya na sinamba napakahabang panahon na ang nakalipas bago ngayon, at Ako rin ang sanggol na tinalikuran ng mga Israelita napakahabang panahon na ang nakalipas bago ngayon. Bukod dito, Ako ang napakamaluwalhating Makapangyarihang Diyos ng kasalukuyang panahon! Palapitin ang lahat sa Aking luklukan at ipakita ang Aking maluwalhating mukha, iparinig ang Aking tinig, at patingnan ang Aking mga gawa. Ito ang kabuuan ng Aking kalooban; ito ang wakas at kasukdulan ng Aking plano, gayon din ang layunin ng Aking pamamahala: ang pasambahin sa Akin ang bawat bansa, ang kilalanin Ako ng bawat wika, ang isandig sa Akin ng bawat tao ang kanyang pananampalataya, at magpailalim sa Akin ang bawat tao!

Ang Mahalagang Kaibhan sa Pagitan ng Diyos na Nagkatawang-tao at ng mga Taong Kinakasangkapan ng Diyos

Maraming taon nang naghahanap ang Espiritu ng Diyos habang Siya ay gumagawa sa lupa, at marami na ang nakasangkapan ng Diyos upang isagawa ang Kanyang gawain sa paglipas ng mga kapanahunan. Subalit sa buong panahong ito, walang angkop na lugar na mahimlayan ang Espiritu ng Diyos, kaya nagpapalipat-lipat ang Diyos sa iba’t ibang tao upang gawin ang Kanyang gawain. Sa kabuuan, sa pamamagitan ng mga tao nagagawa ang Kanyang gawain. Ibig sabihin, sa lahat ng taong ito, hindi pa tumitigil kailanman ang gawain ng Diyos, kundi patuloy itong naisusulong sa mga tao, hanggang sa araw na ito. Bagama’t nangusap na ang Diyos ng napakaraming salita at nakagawa ng napakaraming gawain, hindi pa rin kilala ng tao ang Diyos, dahil hindi pa nagpakita ang Diyos sa tao kailanman at dahil din sa wala Siyang anyong nahahawakan. Kaya

nga kailangang tapusin ng Diyos ang gawaing ito—ang gawaing ipaalam sa lahat ng tao ang praktikal na kabuluhan ng praktikal na Diyos. Para makamit ang layuning ito, kailangang ihayag ng Diyos nang malinaw ang Kanyang Espiritu sa sangkatauhan at isagawa ang Kanyang gawain sa gitna nila. Ibig sabihin, kapag ang Espiritu ng Diyos ay nagtataglay ng pisikal na anyo, nagkakaroon ng laman at buto, at nakikitang lumalakad sa gitna ng mga tao, sinasamahan sila sa kanilang buhay, kung minsan ay ipinapakita at kung minsan ay itinatago ang Sarili, saka lamang nagkakaroon ng mas malalim na pagkaunawa ang mga tao tungkol sa Kanya. Kung nanatili lamang ang Diyos sa katawang-tao, hindi Niya lubos na matatapos ang Kanyang gawain. At matapos gumawa sa katawang-tao sa loob ng ilang panahon, na tinutupad ang ministeryo na kailangang gawin sa katawang-tao, lilisanin ng Diyos ang katawang-tao at gagawa sa espirituwal na dako sa larawan ng katawang-tao, tulad ng ginawa ni Jesus pagkaraang gumawa Siya sa loob ng ilang panahon sa normal na pagkatao at matapos Niya ang lahat ng gawaing kinailangan Niyang tapusin. Maaaring naaalala ninyo ang siping ito mula sa “Ang Landas ... 5”: “Naaalala Ko na sinabi sa Akin ng Aking Ama, ‘Sa lupa, hangarin lamang gawin ang kalooban ng Iyong Ama at tapusin ang Kanyang tagubilin. Wala Ka nang iba pang dapat alalahanin.’” Ano ang nakikita mo sa siping ito? Kapag dumarating ang Diyos sa lupa, ginagawa lamang Niya ang Kanyang gawain sa loob ng pagka-Diyos, na siyang naipagkatiwala ng makalangit na Espiritu sa Diyos na nagkatawang-tao. Kapag dumarating Siya, nagsasalita lamang Siya sa buong lupain, upang isatinig ang Kanyang mga pagbigkas sa iba’t ibang paraan at mula sa iba’t ibang pananaw. Ang Kanyang mga layunin at prinsipyo sa paggawa una sa lahat ay tustusan ang tao at turuan ang tao, at hindi Niya inaalala ang mga bagay na tulad ng mga pakikipag-ugnayan sa tao o ang mga detalye ng buhay ng mga tao. Ang Kanyang pangunahing ministeryo ay ang magsalita para sa Espiritu. Ibig sabihin, kapag ang Espiritu ng Diyos ay pisikal na nagpapakita sa katawang-tao, tinutustusan lamang Niya ang buhay ng tao at inilalabas ang katotohanan. Hindi Siya nakikialam sa gawain ng tao, na ibig sabihin, hindi Siya nakikilahok sa gawain ng sangkatauhan. Hindi maaaring gumawa ng banal na gawain ang mga tao, at hindi nakikilahok ang Diyos sa gawain ng tao. Sa lahat ng taon mula nang pumarito ang Diyos sa mundong ito upang isagawa ang Kanyang gawain, lagi Niya itong ginawa sa pamamagitan ng mga tao. Gayunman, ang mga taong ito ay hindi maaaring ituring na Diyos na nagkatawang-tao—yaon lamang ay mga kinakasangkapan ng Diyos. Ang Diyos ng ngayon, samantala, ay maaaring magsalita nang tuwiran mula sa pananaw ng pagka-Diyos, na inihahatid ang tinig ng Espiritu at gumagawa sa ngalan ng Espiritu. Gayundin, lahat ng taong kinasangkapan ng Diyos sa paglipas ng mga kapanahunan ay mga pagkakataon na gumagawa ang Espiritu ng Diyos sa loob ng katawang may laman—kaya bakit hindi sila maaaring tawaging Diyos? Ngunit ang Diyos ng ngayon ay Espiritu rin ng Diyos na tuwirang gumagawa sa katawang-tao, at si Jesus ay Espiritu rin ng Diyos na gumagawa sa katawang-tao; kapwa Sila tinatawag na Diyos. Kaya ano ang kaibhan? Ang mga taong kinasangkapan ng

Diyos sa paglipas ng mga kapanahunan ay may kakayahang lahat na mag-isip at mangatwiran nang normal. Naunawaan nilang lahat ang mga prinsipyo ng pag-uugali ng tao. Nagkaroon na sila ng normal na mga ideya ng tao, at nagtataglay na sila ng lahat ng bagay na dapat taglayin ng normal na mga tao. Karamihan sa kanila ay may pambihirang talento at likas na katalinuhan. Sa paggawa sa mga taong ito, ginagamit ng Espiritu ng Diyos ang kanilang mga talento, na mga kaloob sa kanila ng Diyos. Ginagamit ng Espiritu ng Diyos ang kanilang mga talento, gamit ang kanilang mga kalakasan sa paglilingkod sa Diyos. Subalit ang diwa ng Diyos ay walang mga ideya o kaisipan, walang halong mga layunin ng tao, at wala pa nga ng tinataglay ng normal na mga tao. Ibig sabihin, ni hindi Siya pamilyar sa mga prinsipyo ng pag-uugali ng tao. Ganito ang sitwasyon kapag dumarating sa lupa ang Diyos ng ngayon. Ang Kanyang gawain at Kanyang mga salita ay walang halong mga layunin ng tao o kaisipan ng tao, kundi ang mga ito ay tuwirang pagpapakita ng mga layunin ng Espiritu, at gumagawa Siya nang tuwiran sa ngalan ng Diyos. Nangangahulugan ito na ang Espiritu ay tuwirang nagsasalita, ibig sabihin, ang pagka-Diyos ang tuwirang gumagawa ng gawain, nang hindi ito hinaharuan ng kahit katiting na mga layunin ng tao. Sa madaling salita, kinakatawan nang tuwiran ng Diyos na nagkatawang-tao ang pagka-Diyos, walang kaisipan o mga ideya ng tao, at walang pagkaunawa tungkol sa mga prinsipyo ng pag-uugali ng tao. Kung gumagawa lamang sana ang pagka-Diyos (ibig sabihin ay kung gumagawa lamang sana ang Diyos Mismo), walang paraan para maisagawa ang gawain ng Diyos sa lupa. Kaya kapag dumarating ang Diyos sa lupa, kailangan ay mayroon Siyang isang maliit na bilang ng mga tao na kinakasangkapan Niya upang gumawa sa loob ng sangkatauhan kasabay ng gawaing ginagawa ng Diyos sa pagka-Diyos. Sa madaling salita, ginagamit Niya ang gawain ng tao upang pagtibayin ang Kanyang banal na gawain. Kung hindi, walang paraan para tuwirang makisali ang tao sa banal na gawain. Ganito noon kay Jesus at sa Kanyang mga disipulo. Noong panahon Niya sa mundo, inalis ni Jesus ang mga lumang kautusan at itinatag ang mga bagong kautusan. Nangusap din Siya ng maraming salita. Lahat ng gawaing ito ay ginawa sa pagka-Diyos. Ang iba pa, tulad nina Pedro, Pablo, at Juan, ay isinalalay lahat ang sumunod nilang gawain sa pundasyon ng mga salita ni Jesus. Ibig sabihin, inilunsad ng Diyos ang Kanyang gawain sa kapanahunang iyon, na nagpasimula ng Kapanahunan ng Biyaya; ibig sabihin, pinasimulan Niya ang isang bagong kapanahunan, na inaalís ang luma, at tinutupad din ang mga salitang “Ang Diyos ang Simula at ang Katapusan.” Sa madaling salita, kailangang isagawa ng tao ang gawain ng tao ayon sa pundasyon ng banal na gawain. Nang masabi ni Jesus ang lahat ng kailangan Niyang sabihin at matapos ang Kanyang gawain sa lupa, iniwan Niya ang tao. Pagkatapos nito, lahat ng tao, sa paggawa, ay gumawa nga ayon sa mga prinsipyong ipinahayag sa Kanyang mga salita, at nagsagawa ayon sa mga katotohanang Kanyang sinabi. Lahat ng taong ito ay gumawa para kay Jesus. Kung si Jesus lamang ang mag-isang gumawa ng gawain, gaano man karaming salita ang Kanyang sinabi, walang anumang paraan ang mga tao

para makibahagi sa Kanyang mga salita, dahil gumawa Siya sa pagka-Diyos at maaari lamang mangusap ng mga salita ng pagka-Diyos, at hindi Niya maaaring ipaliwanag ang mga bagay-bagay hanggang sa maaari nang maunawaan ng normal na mga tao ang Kanyang mga salita. Kaya nga kinailangan Niyang magkaroon ng mga apostol at propetang sumunod sa Kanya para tumulong sa Kanyang gawain. Ito ang prinsipyo kung paano ginagawa ng Diyos na nagkatawang-tao ang Kanyang gawain—gamit ang nagkatawang-taong laman upang magsalita at gumawa nang sa gayon ay matapos ang gawain ng pagka-Diyos, at pagkatapos ay kinakasangkapan ang ilan, o marahil ay higit pa, na mga taong kaayon ng sariling puso ng Diyos upang tumulong sa Kanyang gawain. Ibig sabihin, kinakasangkapan ng Diyos ang mga taong kaayon ng Kanyang puso upang gawin ang gawain ng paggabay at pagdidilig sa sangkatauhan upang lahat ng taong hinirang ng Diyos ay makapasok sa realidad ng katotohanan.

Kung, nang Siya ay magkatawang-tao, ginawa lamang ng Diyos ang gawain ng pagka-Diyos, at walang mga taong kaayon ng Kanyang puso upang gumawa na kasabay Niya, mawawalan ng kakayahan ang tao na maunawaan ang kalooban ng Diyos o makipag-ugnayan sa Diyos. Kailangang kasangkapanin ng Diyos ang normal na mga tao na kaayon ng Kanyang puso upang tapusin ang gawaing ito, upang bantayan at gabayan ang mga iglesia, nang sa gayon ay magkaroon ng kakayahan ang antas ng pag-unawa ng tao, ang kanyang utak, na isipin ang maaaring makamit. Sa madaling salita, kinakasangkapan ng Diyos ang maliit na bilang ng mga tao na kaayon ng Kanyang puso upang “isalin” ang gawaing Kanyang ginagawa sa loob ng Kanyang pagka-Diyos, nang sa gayon ay mabuksan ito—magawang wika ng tao ang banal na wika, nang sa gayon ay maintindihan at maunawaan ito ng mga tao. Kung hindi ito ginawa ng Diyos, walang sinumang makauunawa sa banal na wika ng Diyos, dahil ang mga taong kaayon ng puso ng Diyos, kung tutuusin, ay maliit na minorya, at ang kakayahan ng tao na umintindi ay mahina. Iyan ang dahilan kaya pinipili lamang ng Diyos ang paraang ito kapag gumagawa Siya sa nagkatawang-taong laman. Kung mayroon lamang banal na gawain, walang paraan para makilala o makaniig ng tao ang Diyos, dahil hindi nauunawaan ng tao ang wika ng Diyos. Nauunawaan ng tao ang wikang ito sa pamamagitan lamang ng pagkakatawan ng mga taong kaayon ng puso ng Diyos, na nagpapalinaw sa Kanyang mga salita. Gayunman, kung mayroon lamang gayong mga tao na gumagawa sa loob ng pagkatao, maaari lamang mapanatili niyan ang normal na buhay ng tao; hindi nito mababago ang disposisyon ng tao. Ang gawain ng Diyos ay hindi maaaring magkaroon ng panibagong panimula; magkakaroon lamang ng dati nang mga lumang awit, dati nang mga lumang bukambibig. Sa pamamagitan lamang ng pagkakatawan ng Diyos na nagkatawang-tao, na nagsasabi ng lahat ng kailangang sabihin at gumagawa ng lahat ng kailangang gawin sa panahon ng Kanyang pagkakatawang-tao, pagkatapos ay gumagawa at nakararanas ang mga tao ayon sa Kanyang mga salita, sa gayon lamang magbabago ang kanilang disposisyon sa buhay, at sa gayon lamang nila magagawang sumama sa agos ng panahon. Siya na gumagawa

sa loob ng pagka-Diyos ay kumakatawan sa Diyos, samantalang yaong mga gumagawa sa loob ng pagkatao ay mga taong kinakasangkapan ng Diyos. Ibig sabihin, ang Diyos na nagkatawang-tao ay may malaking kaibhan sa mga taong kinakasangkapan ng Diyos. Ang Diyos na nagkatawang-tao ay kayang gawin ang gawain ng pagka-Diyos, samantalang ang mga taong kinakasangkapan ng Diyos ay hindi. Sa simula ng bawat isang kapanahunan, personal na nangungusap ang Espiritu ng Diyos at naglulunsad ng bagong kapanahunan upang dalhin ang tao sa isang bagong simula. Kapag tapos na Siyang magsalita, nagpapahiwatig ito na tapos na ang gawain ng Diyos sa loob ng Kanyang pagka-Diyos. Pagkatapos noon, lahat ng tao ay sumusunod sa pangunguna ng mga yaon na kinakasangkapan ng Diyos upang pumasok sa karanasan nila sa buhay. Sa ganito ring paraan, ito rin ang yugto kung saan dinadala ng Diyos ang tao sa bagong kapanahunan at binibigyan ang mga tao ng isang bagong panimula—kung kailan nagtatapos ang gawain ng Diyos sa katawang-tao.

Hindi dumarating ang Diyos sa lupa para gawing perpekto ang Kanyang normal na pagkatao, ni hindi para isagawa ang gawain ng normal na pagkatao. Pumaparito Siya para lamang gawin ang gawain ng pagka-Diyos sa normal na pagkatao. Ang binabanggit ng Diyos na normal na pagkatao ay hindi katulad ng iniisip ng mga tao. Binibigyang-kahulugan ng tao ang “normal na pagkatao” bilang pagkakaroon ng asawa at mga anak, na mga patunay na ang isang tao ay isang normal na tao; gayunman, hindi ganito ang tingin ng Diyos dito. Ang tingin Niya sa normal na pagkatao ay pagkakaroon ng normal na kaisipan ng mga tao, normal na buhay ng mga tao, at maisilang sa normal na mga tao. Ngunit hindi kabilang sa Kanyang normalidad ang pagkakaroon ng asawa at mga anak sa paraan ng pagsasalita ng tao tungkol sa normalidad. Ibig sabihin, para sa tao, ang normal na pagkataong binabanggit ng Diyos ay kung ano ang ituturing ng tao na kawalan ng pagkatao, na halos walang emosyon at tila walang mga pangangailangan ng laman, katulad ni Jesus, na mayroon lamang panlabas na anyo ng isang normal na tao at kinuha ang anyo ng isang normal na tao, ngunit sa diwa ay hindi ganap na taglay ang lahat ng dapat taglayin ng isang normal na tao. Mula rito ay makikita na ang diwa ng Diyos na nagkatawang-tao ay hindi sumasaklaw sa kabuuan ng normal na pagkatao, kundi sa isang bahagi lamang ng mga bagay na dapat taglayin ng mga tao, upang suportahan ang mga karaniwang gawain sa buhay ng normal na tao at panatilihin ang mga kakayahang mangatwiran ng normal na tao. Ngunit walang kinalaman ang mga bagay na ito sa itinuturing ng tao na normal na pagkatao. Ang mga ito ang dapat taglayin ng Diyos na nagkatawang-tao. Gayunman, may mga naninindigan na ang Diyos na nagkatawang-tao ay masasabing nagtataglay lamang ng normal na pagkatao kung mayroon Siyang asawa, mga anak, isang pamilya; kung wala ang mga bagay na ito, sabi nila, hindi Siya isang normal na tao. Sa gayon ay tatanungin kita, “Mayroon bang asawang babae ang Diyos? Posible bang magkaroon ng asawang lalaki ang Diyos? Maaari bang magkaroon ng mga anak ang Diyos?” Hindi ba mali ang mga paniniwalang ito? Subalit ang Diyos na nagkatawang-tao ay hindi maaaring sumibol mula sa isang

bitak sa pagitan ng mga bato o mahulog mula sa langit. Maaari lamang Siyang isilang sa isang normal na pamilya ng tao. Kaya nga mayroon Siyang mga magulang at mga kapatid na babae. Ito ang mga bagay na dapat magkaroon ang normal na pagkatao ng Diyos na nagkatawang-tao. Ganito ang nangyari kay Jesus; si Jesus ay mayroong ama at ina, mga kapatid na babae at lalaki, at lahat ng ito ay normal. Ngunit kung nagkaroon Siya ng asawa at mga anak, ang Kanyang pagkatao ay hindi sana naging ang normal na pagkatao na nilayon ng Diyos na taglayin ng Diyos na nagkatawang-tao. Kung ganito ang nangyari, hindi sana Niya nakayang gumawa sa ngalan ng pagka-Diyos. Ito ay dahil mismo sa hindi Siya nagkaroon ng asawa o mga anak, subalit isinilang Siya sa normal na mga tao sa isang normal na pamilya, kaya Niya nagawa ang gawain ng pagka-Diyos. Para mas mapalinaw pa ito, ang itinuturing ng Diyos na normal na tao ay isang tao na isinilang sa isang normal na pamilya. Gayong tao lamang ang karapat-dapat na gumawa ng banal na gawain. Kung, sa kabilang dako, ang tao ay nagkaroon ng isang asawang babae, mga anak, o isang asawang lalaki, hindi magagawa ng taong iyon ang banal na gawain, dahil magtataglay lamang siya ng normal na pagkatao na kinakailangan ng mga tao ngunit hindi ang normal na pagkataong kinakailangan ng Diyos. Yaong pinaniniwalaan ng Diyos, at ang nauunawaan ng mga tao, ay madalas na may malaking kaibhan, malayung-malayo sa isa't isa. Sa yugtong ito ng gawain ng Diyos, marami ang salungat at malaki ang kaibhan sa mga kuru-kuro ng mga tao. Masasabi na ang yugtong ito ng gawain ng Diyos ay ganap na binubuo ng pagka-Diyos na aktwal na gumagawa, na ang pagkatao ay gumaganap sa tungkuling sumuporta sa Kanya. Dahil dumarating ang Diyos sa lupa upang isagawa Mismo ang Kanyang gawain, sa halip na tulutan ang tao na gawin ito, nagkatawang-tao Siya Mismo (sa isang di-ganap na normal na tao) upang gawin ang Kanyang gawain. Ginagamit Niya ang pagkakatawang-taong ito upang iharap sa sangkatauhan ang isang bagong kapanahunan, upang sabihin sa sangkatauhan ang susunod na hakbang sa Kanyang gawain, at upang hilingan ang mga tao na magsagawa alinsunod sa landas na inilarawan sa Kanyang mga salita. Sa ganito nagtapos ang gawain ng Diyos sa katawang-tao; malapit na Niyang lisanin ang sangkatauhan, at hindi na mananahan sa katawan ng normal na pagkatao, kundi sa halip ay lalayo mula sa tao upang tumuloy sa isa pang bahagi ng Kanyang gawain. Pagkatapos, habang kinakasangkapan ang mga taong kaayon ng Kanyang sariling puso, ipinagpapatuloy Niya ang Kanyang gawain sa lupa sa gitna ng grupong ito ng mga tao, ngunit sa kanilang pagkatao.

Ang Diyos na nagkatawang-tao ay hindi maaaring manatili sa piling ng tao magpakailanman dahil marami pang ibang gawaing gagawin ang Diyos. Hindi Siya maaaring nakatali sa katawang-tao; kailangan Niyang hubarin ang katawang-tao upang gawin ang gawaing kailangan Niyang gawin, kahit ginagawa Niya ang gawaing iyon sa larawan ng katawang-tao. Kapag dumarating ang Diyos sa lupa, hindi Niya hinihintay na maabot Niya ang anyong dapat maabot ng isang normal na tao bago mamatay at lisanin ang sangkatauhan. Gaano man katanda ang Kanyang katawan, kapag natapos na ang

Kanyang gawain, umaalis Siya at iniwan ang tao. Walang kuwenta sa Kanya ang edad, hindi Niya binibilang ang Kanyang mga araw ayon sa haba ng buhay ng tao; sa halip, tinatapos Niya ang Kanyang buhay sa katawang-tao alinsunod sa mga hakbang ng Kanyang gawain. Maaaring may mga taong nakadarama na ang Diyos, sa pagpasok sa katawang-tao, ay kailangang magkaedad, kailangang mahusto ang gulang, tumanda, at lumisan lamang kapag bumigay na ang katawan. Ito ay imahinasyon ng tao; hindi ganyan ang Diyos. Siya ay nagkakatawang-tao upang gawin lamang ang gawaing dapat Niyang gawin, at hindi upang mamuhay ng buhay ng isang normal na tao na isilang sa mga magulang, lumaki, bumuo ng pamilya at magkatrabaho, magkaroon at magpalaki ng mga anak, o maranasan ang mga tagumpay at kabiguan sa buhay—lahat ng aktibidad ng isang normal na tao. Kapag dumarating ang Diyos sa lupa, ito ang Espiritu ng Diyos na nagbibihis ng katawang-tao, nagkakaroon ng katawang-tao, ngunit ang Diyos ay hindi namumuhay ng buhay ng isang normal na tao. Pumaparito lamang Siya upang tuparin ang isang bahagi ng Kanyang plano ng pamamahala. Pagkatapos niyan ay lilisanin Niya ang sangkatauhan. Kapag Siya ay nagkakatawang-tao, hindi ginagawang perpekto ng Espiritu ng Diyos ang normal na pagkatao ng katawan. Sa halip, sa panahong naitakda na ng Diyos, ang pagka-Diyos ang tuwirang gumagawa. Pagkatapos, matapos gawin ang lahat ng kailangan Niyang gawin at lubos nang natapos ang Kanyang ministeryo, tapos na ang gawain ng Espiritu ng Diyos sa yugtong ito, kung kailan nagtatapos din ang buhay ng Diyos na nagkatawang-tao, naisabuhay man ng Kanyang katawang-taong may laman ang haba ng buhay nito. Ibig sabihin, anumang yugto ng buhay ang abutin ng katawang may laman, gaano man katagal itong nabuhay sa lupa, lahat ay ipinapasya ng gawain ng Espiritu. Wala itong kinalaman sa itinuturing ng tao na normal na pagkatao. Ipaghalimbawa natin si Jesus. Nabuhay Siya sa katawang-tao sa loob ng tatlumpu't tatlo't kalahating taon. Patungkol sa haba ng buhay ng katawan ng tao, hindi Siya dapat na namatay sa edad na iyon, at hindi Siya dapat lumisan. Ngunit hindi ito problema ng Espiritu ng Diyos. Dahil tapos na ang Kanyang gawain, sa puntong iyon ay inalis na ang katawan, na nawala kasama ng Espiritu. Ito ang prinsipyong ginagamit ng Diyos sa paggawa sa katawang-tao. Kaya nga, sa madaling salita, hindi ang pagkatao ng Diyos na nagkatawang-tao ang pinakamahalaga. Inuulit Ko, pumaparito Siya sa lupa hindi upang ipamuhay ang buhay ng isang normal na tao. Hindi muna Siya nagtatatag ng isang normal na buhay ng tao at pagkatapos ay nagsisimulang gumawa. Sa halip, basta't isinilang Siya sa isang normal na pamilya ng tao, nagagawa Niya ang banal na gawain, gawaing walang bahid-dungis ng mga layon ng tao, na hindi panlaman, na tiyak na hindi ginagaya ang mga paraan ng lipunan o nagkakaroon ng mga kaisipan o kuru-kuro ng tao, at bukod pa ryan, hindi kasali ryan ang mga pilosopiya ng tao para sa pamumuhay. Ito ang gawaing layong gawin ng Diyos na nagkatawang-tao, at ito rin ang praktikal na kabuluhan ng Kanyang pagkakatawang-tao. Ang Diyos ay nagkakatawang-tao una sa lahat upang gawin ang isang yugto ng gawain na kailangang gawin sa katawang-tao, nang hindi nagdaraan sa iba pang

mga walang-kuwentang proseso, at, tungkol naman sa mga karanasan ng isang normal na tao, wala Siya ng mga iyon. Hindi kabilang sa gawaing kailangang gawin ng Diyos na nagkatawang-tao ang mga karanasan ng normal na tao. Kaya ang Diyos ay nagkakatawang-tao para isakatuparan ang gawaing kailangan Niyang tuparin sa katawang-tao. Ang nalalabi ay walang kinalaman sa Kanya; hindi Siya dumaraan sa napakaraming walang-kuwentang proseso. Kapag natapos na ang Kanyang gawain, natatapos na rin ang kabuluhan ng Kanyang pagkakatawang-tao. Ang pagtatapos sa yugtong ito ay nangangahulugan na nagtapos na ang gawaing kailangan Niyang gawin sa katawang-tao, at kumpleto na ang ministryo ng Kanyang katawang-tao. Ngunit hindi Siya maaaring patuloy na gumawa sa katawang-tao nang walang katapusan. Kailangan Niyang sumulong sa isa pang lugar upang gumawa, isang lugar sa labas ng katawang-tao. Sa ganitong paraan lamang lubos na maisasagawa ang Kanyang gawain, at sumulong nang may mas matinding epekto. Gumagawa ang Diyos ayon sa Kanyang orihinal na plano. Kung anong gawain ang kailangan Niyang gawin at anong gawain ang natapos na Niya, alam na alam Niya nang kasinglinaw ng palad ng Kanyang kamay. Inaakay ng Diyos ang bawat indibiduwal na lumakad sa landas na napagpasyahan na Niya noon pa man. Walang sinumang makakatakas dito. Yaon lamang mga sumusunod sa patnubay ng Espiritu ng Diyos ang makakapasok sa kapahingahan. Maaaring, sa gawain sa hinaharap, hindi ang Diyos ang mangungusap sa katawang-tao upang gabayan ang tao, kundi isang Espiritung may anyong mahahawakan na gumagabay sa buhay ng tao. Saka lamang makakaya ng tao na talagang mahawakan ang Diyos, mamasdan ang Diyos, at mas lubos na makapasok sa realidad na kinakailangan ng Diyos, upang magawang perpekto ng praktikal na Diyos. Ito ang gawaing layon ng Diyos na tuparin, at matagal na Niyang ipinlano. Mula rito, dapat ninyong makitang lahat ang landas na dapat ninyong tahakin!

Tumakas mula sa Impluwensya ng Kadiliman, at Kakamtin Ka ng Diyos

Ano ba ang impluwensya ng kadiliman? Ang tinatawag na “impluwensya ng kadiliman” ay ang impluwensya ng panlilinlang, katiwalian, paggapos, at pagkontrol ni Satanas sa mga tao; ang impluwensya ni Satanas ay isang impluwensyang nagbabadya ng kamatayan. Lahat ng nabubuhay sa ilalim ng sakop ni Satanas ay tiyak na mamamatay. Paano ka makakatakas mula sa impluwensya ng kadiliman pagkatapos mong magkaroon ng pananampalataya sa Diyos? Kapag nanalangin ka na nang taos sa Diyos, ibinabaling mo nang lubusan ang iyong puso sa Kanya, at sa puntong ito ay inaantig ng Espiritu ng Diyos ang puso mo. Nagiging handa kang ibigay sa Kanya nang lubusan ang iyong sarili, at sa sandaling ito, nakatakas ka na mula sa impluwensya ng kadiliman. Kung ang lahat ng ginagawa ng tao ay yaong nakalulugod sa Diyos at

naaayon sa Kanyang mga hinihingi, siya ay isang taong namumuhay ayon sa mga salita ng Diyos at sa ilalim ng Kanyang pangangalaga at proteksyon. Kung hindi maisagawa ng mga tao ang mga salita ng Diyos, kung lagi nilang tinatangang lokohin Siya, kumikilos nang walang sigla ukol sa Kanya, at hindi naniniwala sa Kanyang pag-iral—lahat ng taong ito ay nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman. Ang mga taong hindi pa nakatanggap ng pagliligtas ng Diyos ay nabubuhay sa ilalim ng sakop ni Satanas; ibig sabihin, lahat sila ay nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman. Yaong mga hindi naniniwala sa Diyos ay nabubuhay sa ilalim ng sakop ni Satanas. Kahit yaong mga naniniwala sa pag-iral ng Diyos ay maaaring hindi nabubuhay sa Kanyang liwanag, sapagkat yaong mga naniniwala sa Kanya ay maaaring hindi talaga namumuhay ayon sa Kanyang mga salita ni nagagawang magpasakop sa Diyos. Ang tao ay limitado sa pananalig sa Diyos, at dahil wala siyang alam tungkol sa Diyos, nabubuhay pa rin siya ayon sa mga lumang panuntunan, sa mga salitang walang katuturan, sa isang buhay na madilim at walang katiyakan, nang hindi lubos na napadalisa ng Diyos ni lubos Niyang naangkin. Samakatuwid, bagaman hindi na kailangang sabihin pa na yaong mga hindi naniniwala sa Diyos ay nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman, kahit yaong mga naniniwala sa Diyos ay maaaring nasa ilalim pa rin ng impluwensya nito, sapagkat wala sa kanila ang gawain ng Banal na Espiritu. Yaong mga hindi pa nakatanggap ng biyaya o awa ng Diyos at yaong mga hindi makakita sa gawain ng Banal na Espiritu ay nabubuhay na lahat sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman; at karaniwan, gayon din ang mga taong nagtatamasa lamang ng biyaya ng Diyos subalit hindi Siya nakikilala. Kung ang isang tao ay naniniwala sa Diyos subalit ginugugol ang halos buong buhay niya sa pamumuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman, ang pag-iral ng taong ito ay nawalan na ng kabuluhan—at bakit pa babanggitin ang mga taong hindi naniniwala na mayroong Diyos?

Lahat niyaong hindi matanggap ang gawain ng Diyos, o tinatanggap ang gawain ng Diyos ngunit hindi makatugon sa Kanyang mga hinihingi, ay mga taong nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman. Yaon lamang mga naghahangad ng katotohanan at kayang tumugon sa mga hinihingi ng Diyos ang tatanggap ng mga pagpapala mula sa Kanya, at sila lamang ang makatatapas mula sa impluwensya ng kadiliman. Yaong mga hindi napalaya, na laging kontrolado ng ilang bagay, at hindi magawang ibigay ang kanilang puso sa Diyos ay mga taong nasa ilalim ng pagkaalipin kay Satanas na nabubuhay na may nagbabadyang kamatayan. Yaong mga hindi tapat sa kanilang sariling mga tungkulin, hindi tapat sa atas ng Diyos, at hindi nagagampanan ang kanilang mga tungkulin sa iglesia ay mga taong nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman. Yaong mga sadyang gumagambala sa buhay-iglesia, na sadyang nagpapasimula ng alitan sa pagitan ng kanilang mga kapatid, o bumubuo ng maliliit na grupo ay mga taong nabubuhay sa mas malalim na impluwensya ng kadiliman, sa pagkaalipin kay Satanas. Yaong mga hindi normal ang kaugnayan sa Diyos, na laging may maluluhong pagnanasa, na laging nais na manamantala, at hindi kailanman

naghahangad na baguhin ang kanilang mga disposisyon ay mga taong nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman. Yaong mga laging walang-ingat at hindi seryoso sa kanilang pagsasagawa ng katotohanan, at hindi naghahangad na tugunan ang kalooban ng Diyos, sa halip ay naghahangad lamang na bigyang kasiyahan ang sarili nilang laman, ay mga tao ring nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman, na nalalambungan ng kamatayan. Yaong mga gumagawa ng kabuktutan at panlilinlang kapag gumagawa para sa Diyos, na padalus-dalos sa pakikitungo sa Diyos, na dinadaya ang Diyos, at laging nagpaplano para sa kanilang sarili ay mga taong nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman. Lahat niyaong hindi kayang taos-pusong magmahal sa Diyos, na hindi hinahangad ang katotohanan, at hindi tumutuon sa pagbabago ng kanilang mga disposisyon ay mga taong nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman.

Kung nais mong mapuri ng Diyos, kailangan mo munang tumakas mula sa madilim na impluwensya ni Satanas, buksan ang iyong puso sa Diyos at ibaling ito sa Kanya nang lubusan. Pupurihin ba ng Diyos ang mga bagay na ginagawa mo ngayon? Naibaling mo na ba ang puso mo sa Diyos? Ang mga nagawa mo ba ay mga bagay na hinihingi sa iyo ng Diyos? Naaayon ba ang mga iyon sa katotohanan? Suriin mo ang iyong sarili sa lahat ng oras at tumutok sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos; ilantad mo ang nilalaman ng puso mo sa Kanyang harapan, mahalin mo Siya nang tapat, at matapat mong gugulin ang iyong sarili para sa Diyos. Ang mga taong gumagawa nito ay tiyak na tatanggap ng papuri ng Diyos. Lahat niyaong naniniwala sa Diyos, subalit hindi hinahangad ang katotohanan, ay walang paraan upang makatakas mula sa impluwensya ni Satanas. Lahat niyaong hindi nabubuhay nang may katapatan, na maganda ang asal sa harap ng iba ngunit iba ang asal pagtalikod nila, na nagpapakita ng pagpapakumbaba, pasensya, at pagmamahal bagama't ang diwa nila ay mapanira, tuso, at hindi tapat sa Diyos—ang gayong mga tao ay tipikal na mga kinatawan niyaong mga nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman; sila ang mga kauri ng ahas. Yaong mga naniniwala lamang sa Diyos para sa sarili nilang pakinabang, na nag-aakalang mas matuwid sila kaysa sa iba at mayabang, mapagpasikat, at pinoprotektahan ang sarili nilang katayuan ay mga taong nagmamahal kay Satanas at kumontra sa katotohanan. Ang mga taong ito ay lumalaban sa Diyos at lubos na nabibilang kay Satanas. Yaong mga hindi pumapansin sa mga pasanin ng Diyos, na hindi naglilingkod sa Diyos nang buong-puso, na laging inaalala ang sarili nilang mga interes at ang interes ng kanilang pamilya, na hindi magawang iwanan ang lahat upang gugulin ang kanilang sarili para sa Diyos, at na hindi kailanman namumuhay ayon sa Kanyang mga salita ay mga taong hindi sakop ng Kanyang mga salita. Ang ganitong mga tao ay hindi maaaring tumanggap ng papuri ng Diyos.

Nang likhain ng Diyos ang mga tao, ito ay upang matamasa nila ang Kanyang kasaganaan at tunay Siyang mahalin; sa ganitong paraan, mabubuhay ang mga tao sa Kanyang liwanag. Ngayon, tungkol naman sa lahat niyaong hindi kayang mahalin ang

Diyos, hindi pinapansin ang Kanyang mga pasanin, hindi magawang ibigay nang lubusan ang kanilang puso sa Kanya, hindi magawang umayon sa Kanyang puso, at hindi kayang dalhin na parang kanila ang Kanyang mga pasanin—ang liwanag ng Diyos ay hindi sumisikat sa gayong mga tao, samakatuwid ay nabubuhay silang lahat sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman. Sila ay nasa landas na lubhang salungat sa kalooban ng Diyos, at walang bahid ng katotohanan ang anumang kanilang ginagawa. Nakalublob sila sa burak na kasama ni Satanas; sila ay mga taong nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman. Kung madalas kang makakakain at makakainom ng mga salita ng Diyos at makakasunod sa Kanyang kalooban at maisasagawa ang Kanyang mga salita, nabibilang ka sa Diyos, at ikaw ay isang taong namumuhay ayon sa Kanyang mga salita. Handa ka bang tumakas mula sa sakop ni Satanas at mabuhay sa liwanag ng Diyos? Kung namumuhay ka ayon sa mga salita ng Diyos, magkakaroon ng pagkakataon ang Banal na Espiritu na gampanan ang Kanyang gawain; kung nabubuhay ka sa ilalim ng impluwensya ni Satanas, hindi mo mabibigyan ng gayong pagkakataon ang Banal na Espiritu. Ang gawaing ginagampanan ng Banal na Espiritu sa mga tao, ang liwanag na Kanyang pinasisikat sa kanila, ang tiwalang ibinibigay Niya sa kanila ay tumatagal lamang nang isang saglit; kung ang mga tao ay hindi maingat at hindi nag-uukol ng pansin, lalampasan sila ng gawain ng Banal na Espiritu. Kung namumuhay ang mga tao ayon sa mga salita ng Diyos, sasakanila ang Banal na Espiritu at gagawa sa kanila. Kung ang mga tao ay hindi namumuhay ayon sa mga salita ng Diyos, nabubuhay sila sa mga gapos ni Satanas. Kung nabubuhay ang mga tao na may mga tiwaling disposisyon, wala sa kanila ang presensya o gawain ng Banal na Espiritu. Kung namumuhay ka sa loob ng hangganan ng mga salita ng Diyos, at kung nabubuhay ka sa kalagayang hinihingi ng Diyos, nabibilang ka sa Kanya, at ang Kanyang gawain ay maisasagawa sa iyo; kung hindi ka namumuhay sa loob ng hangganan ng mga hinihingi ng Diyos, kundi sa halip ay nabubuhay ka sa ilalim ng sakop ni Satanas, tiyak na namumuhay ka ayon sa katiwalian ni Satanas. Kapag namuhay ka ayon sa mga salita ng Diyos at ibinigay mo ang iyong puso sa Kanya, saka mo lamang matutugunan ang Kanyang mga hinihingi; kailangan mong gawin ang sinasabi ng Diyos, gawing pundasyon ng iyong pag-iral at realidad ng iyong buhay ang Kanyang mga pahayag; saka ka lamang mapapabilang sa Diyos. Kung talagang nagsasagawa ka alinsunod sa kalooban ng Diyos, gagawa Siya sa iyo at sa gayon ay mabubuhay ka sa ilalim ng Kanyang mga pagpapala, sa liwanag ng Kanyang mukha; mauunawaan mo ang gawaing ginagampanan ng Banal na Espiritu at madarama ang kagalakan ng presensya ng Diyos.

Para matakasan ang impluwensya ng kadiliman, kailangan ka munang maging matapat sa Diyos at magkaroon ng pananabik sa puso mo na hangarin ang katotohanan; saka ka lamang magkakaroon ng tamang kalagayan. Kailangan ka munang mamuhay sa tamang kalagayan para matakasan mo ang impluwensya ng kadiliman. Ang hindi pagkakaroon ng tamang kalagayan ay hindi pagiging matapat sa Diyos, at hindi pagkakaroon ng pananabik sa puso na hanapin ang katotohanan; at huwag nang pag-usapan pa ang pagtakas mula

sa impluwensya ng kadiliman. Ang Aking mga salita ang batayan ng pagtakas ng tao mula sa mga impluwensya ng kadiliman, at ang mga taong hindi makapagsagawa alinsunod sa Aking mga salita ay hindi magagawang takasan ang mga gapos ng impluwensya ng kadiliman. Ang mabuhay sa tamang kalagayan ay ang mabuhay sa ilalim ng patnubay ng mga salita ng Diyos, ang mabuhay sa kalagayan ng pagiging matapat sa Diyos, ang mabuhay sa kalagayan ng paghahanap sa katotohanan, ang mabuhay sa realidad ng taos na paggugol ng sarili para sa Diyos, at ang mabuhay sa kalagayan ng tunay na pagmamahal sa Diyos. Yaong mga nabubuhay sa ganitong mga kalagayan at ayon sa realidad na ito ay unti-unting magbabago habang pumapasok sila sa kailaliman ng katotohanan, at magbabago sila habang mas lumalalim ang gawain; at sa huli, tiyak na magiging mga tao sila na nakamit ng Diyos at nagmamahal sa Diyos nang tunay. Yaong mga nakatakas mula sa impluwensya ng kadiliman ay unti-unting matitiyak ang kalooban ng Diyos at unti-unting mauunawaan ito, at kalaunan ay magiging mga pinagkakatiwalaan ng Diyos. Hindi lamang sila hindi nagkikimkim ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos at hindi naghihimagsik laban sa Kanya, kundi mas lalo rin nilang kinamumuhian yaong mga dati nilang kuru-kuro at paghihimagsik, at nagkakaroon sila ng tunay na pagmamahal sa Diyos sa kanilang puso. Ang mga taong hindi magawang tumakas mula sa impluwensya ng kadiliman ay pawang lubos na abala sa laman at puno ng paghihimagsik; ang kanilang puso ay puno ng mga kuru-kuro at pilosopiya ng tao para sa pamumuhay, pati na ng kanilang sariling mga hangarin at pangangatwiran. Ang hinihingi ng Diyos sa tao ay ang tanging pagmamahal nila; hinihiling Niya na maging abala ang tao sa Kanyang mga salita at magkaroon ng pusong puno ng pagmamahal para sa Kanya. Ang mamuhay ayon sa mga salita ng Diyos, saliksikin ang Kanyang mga salita para sa yaong dapat nilang hanapin, mahal in ang Diyos dahil sa Kanyang mga salita, kumilos para sa Kanyang mga salita, mabuhay para sa Kanyang mga salita—ito ang mga mithiing dapat pagsikapang makamtan ng tao. Lahat ay kailangang maitatag sa mga salita ng Diyos; saka lamang magagawang tugunan ng tao ang mga hinihingi ng Diyos. Kung ang tao ay hindi nasasangkapan ng mga salita ng Diyos, isa lamang siyang uod na nalulukuban ni Satanas! Timbangin mo ito: Gaano karaming salita ng Diyos ang nag-ugat na sa iyong kalooban? Aling mga bagay ang ipinamumuhay mo alinsunod sa Kanyang mga salita? Aling mga bagay ang hindi mo naipamumuhay alinsunod sa mga ito? Kung hindi ka pa lubos na napuno ng mga salita ng Diyos, ano ba talaga ang laman ng iyong puso? Sa iyong pang-araw-araw na buhay, kinokontrol ka ba ni Satanas, o puno ka ba ng mga salita ng Diyos? Ang Kanya bang mga salita ang pundasyon ng iyong mga dalangin? Nakalabas ka na ba mula sa iyong negatibong kalagayan sa tulong ng kaliwanagang dulot ng mga salita ng Diyos? Ang gawing pundasyon ng iyong buhay ang mga salita ng Diyos—ito ang dapat pasukin ng lahat. Kung wala ang Kanyang mga salita sa iyong buhay, nabubuhay ka sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman, naghihimagsik ka laban sa Diyos, nilalabanan mo Siya, at inilalagay mo sa kahihyan ang Kanyang pangalan. Ang paniniwala sa Diyos ng gayong mga tao ay puro

kalokohan at panggugulo lamang. Gaano kalaking bahagi ng iyong buhay ang naipamuhay mo alinsunod sa Kanyang mga salita? Gaano kalaking bahagi ng iyong buhay ang hindi mo naipamuhay alinsunod sa Kanyang mga salita? Gaano kalaking bahagi ng hinihingi sa iyo ng salita ng Diyos ang natupad na sa iyo? Gaano kalaki ang nawala sa iyo? Nasuri mo na ba nang husto ang mga bagay na ito?

Ang pagtakas mula sa impluwensya ng kadiliman ay nangangailangan ng gawain ng Banal na Espiritu at ng tapat na pakikipagtulungan ng tao. Bakit Ko sinasabi na wala sa tamang landas ang tao? Ang mga taong nasa tamang landas ay makakayang ibigay muna ang kanilang puso sa Diyos. Ito ay isang gawaing nangangailangan ng napakahabang panahon upang mapasok, sapagkat nakasanayan na ng sangkatauhan na mabuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman, at nasa ilalim na ng pagkaalipin kay Satanas sa loob ng libu-libong taon. Samakatuwid, ang pagpasok na ito ay hindi magagawa sa loob lamang ng isa o dalawang araw. Binanggit Ko ang bagay na ito ngayon upang maunawaan ng mga tao ang sarili nilang kalagayan; sa sandaling mahiwatigan na ng tao kung ano ang impluwensya ng kadiliman at kung ano ang ibig sabihin ng mabuhay sa liwanag, magiging mas madali na ang pagpasok. Ito ay dahil kailangan mong malaman kung ano ang impluwensya ni Satanas bago ka makatakas mula rito; pagkatapos niyon, saka ka lamang magkakaroon ng paraan para maiwaksi iyon. Tungkol naman sa kung ano ang gagawin pagkatapos, sariling suliranin na iyan ng tao. Pumasok ka sa lahat mula sa isang positibong aspeto, at huwag kang basta maghintay nang balintiyak. Sa ganitong paraan ka lamang makakamit ng Diyos.

Sa Pananampalataya, Kailangang Magtuon ang Isang Tao sa Realidad— Ang Pagsali sa mga Pangrelihiyong Ritwal ay Hindi Pananampalataya

Gaano karaming kaugaliang pangrelihiyon ang sinusunod mo? Ilang beses ka na bang naghimagsik laban sa salita ng Diyos at pinili ang iyong sariling landas? Ilang beses mo na bang naisagawa ang salita ng Diyos dahil tunay mong isinasaalang-alang ang Kanyang mga pasanin at hinahangad mong bigyang-lugod ang Kanyang kalooban? Dapat mong maunawaan ang salita ng Diyos at isagawa ito nang naaayon. Maging maprinsipyo sa lahat ng iyong kilos at gawa, bagama't hindi ito nangangahulugan na sumunod sa mga patakaran o gumawa ng isang bagay nang labag sa kalooban bilang isa lamang palabas; bagkus, ito ay nangangahulugan na isagawa ang katotohanan at mamuhay ayon sa salita ng Diyos. Tanging ang pagsasagawa na tulad nito ang nakalulugod sa Diyos. Ang anumang pagkilos na nakalulugod sa Diyos ay hindi isang patakaran, kundi isang pagsasagawa ng katotohanan. May pagkahilig ang ilang tao sa pag-akit ng pansin sa kanilang mga sarili. Sa piling ng kanilang mga kapatid, maaari

nilang sabihin na may utang na loob sila sa Diyos, ngunit kapag nakatalikod sila, hindi nila isinasagawa ang katotohanan at ganap na iba ang kanilang ikinikilos. Hindi ba sila mga relihiyosong Pariseo? Ang isang taong tunay na nagmamahal sa Diyos at nagtataglay ng katotohanan ay taong matapat sa Diyos ngunit hindi ito ipinagpapasikat. Ang ganitong tao ay nakahandang isagawa ang katotohanan kapag kinakailangan ng sitwasyon at hindi nagsasalita o kumikilos sa paraang labag sa kanyang konsensya. Nagpapakita siya ng karunungan kapag kinakailangan ng mga bagay-bagay at may prinsipyo siya sa kanyang mga gawa anuman ang kalagayan. Ang taong tulad nito ay kayang tunay na maglingkod. May ilan namang madalas na hanggang salita lamang pagdating sa pagkakautang nila sa Diyos; ginugugol nila ang kanilang mga araw na nakakunot ang noo sa pag-aalala, na nagbabalatkayo, at nagkukunwaring kahabag-habag. Talagang kasuklam-suklam! Kung tatanungin mo sila, “Maaari bang sabihin mo sa akin kung paano ka may utang na loob sa Diyos?” wala silang maisasagot. Kung ikaw ay matapat sa Diyos, huwag mong ipagsabi iyon; bagkus, gamitin mo ang aktwal na pagsasagawa upang ipakita ang iyong pagmamahal sa Diyos, at manalangin ka sa Kanya nang may tapat na puso. Mga mapagpaimbabaw ang lahat ng gumagamit lamang ng salita upang pakitunguhan ang Diyos at gumagawa para lang masabing may nagawa! Ang ilan ay nagsasalita tungkol sa pagkakautang sa Diyos sa bawat panalangin, at nagsisimulang umiyak kapag nananalangin sila, kahit na walang pag-antig ng Banal na Espiritu. Namamayani sa mga taong tulad nito ang mga pangrelihiyong ritwal at kuru-kuro; namumuhay sila ayon sa mga naturang ritwal at kuru-kuro, laging naniniwala na ang mga naturang kilos ay kalugud-lugod sa Diyos, at ang paimbabaw na kabanalan o malulungkot na pagluha ay sinasang-ayunan ng Diyos. Anong kabutihan ang maidudulot ng mga kakatwang taong ito? Upang ipakita ang kanilang pagpapakumbaba, pakunwaring nagpapakita ng kagandahang-loob ang ilan kapag nagsasalita sila sa presensya ng iba. Ang ilan ay sinasadyang maging mapaglingkod sa presensya ng iba, kumikilos na gaya ng isang tupa na walang kahit anong lakas. Naaangkop ba ang ganitong asal sa mga tao ng kaharian? Ang mga tao ng kaharian ay dapat na buhay na buhay at malaya, walang-sala at bukas ang kalooban, tapat at kaibig-ibig, at namumuhay sa kalagayan ng kalayaan. Dapat ay mayroon silang integridad at dignidad, at kaya nilang tumayong saksi saan man sila magpunta; kinalulugdan kapwa ng Diyos at ng tao ang mga ganitong tao. Ang mga baguhan sa pananampalataya ay may napakaraming panlabas na gawi; kailangan muna nilang sumailalim sa isang panahon ng pakikitungo at pagbasag. Ang mga may pananalig sa Diyos sa kanilang mga puso ay hindi kakaiba sa iba sa panlabas, ngunit ang kanilang mga kilos at gawa ay kapuri-puri. Ang mga ganitong tao lamang ang maituturing na nagsasabuhay sa salita ng Diyos. Kung araw-araw kang nangangaral ng ebanghelyo sa iba’t ibang tao sa pagsisikap na madala sila sa kaligtasan, ngunit sa katapusan ay namumuhay ka pa rin sa mga patakaran at doktrina, hindi mo mabibigyan ng luwalhati ang Diyos kung gayon. Ang mga naturang tao ay mga relihiyosong tao, at mga mapagpaimbabaw rin. Sa tuwing nagtitipun-tipon ang mga naturang relihiyosong

tao, maaaring itanong nila, “Kapatid, kumusta ka na sa mga araw na ito?” Maaaring sumagot siya, “Pakiramdam ko ay may utang na loob ako sa Diyos at hindi ko nabibigyang-lugod ang Kanyang kalooban.” Maaaring sabihin ng isa pa, “Pakiramdam ko rin ay may utang na loob ako sa Diyos at hindi ko Siya nabibigyang-kasiyahan.” Sa ilang pangungusap at salitang ito pa lang ay nahahayag na ang kasuklam-suklam na mga bagay na nasa loob nila; ang mga naturang salita ay lubhang nakapandidiri at lubos na kasuklam-suklam. Ang kalikasan ng mga ganitong tao ay sumasalungat sa Diyos. Ang mga nakatuon sa realidad ay ipinapahayag kung anuman ang nasa kanilang mga isip at binubuksan ang kanilang mga puso sa pagbabahagi. Hindi sila nakikibahagi sa isa mang bulaang gawa, walang pinapakitang pagkamagalang o mga hungkag na pakikitungo. Lagi silang prangka at walang mga sinusunod na sekular na patakaran. May mga taong may pagkahilig sa pagkukunwari, maging hanggang sa kawalan ng anumang katuturan. Kapag kumakanta ang isa, nagsisimula silang sumayaw, ni hindi man lang napapansin na sunog na ang kaning nasa kanilang palayok. Ang mga naturang uri ng tao ay hindi maka-Diyos o kagalang-galang, at masyadong mababaw. Ang lahat ng ito ay pagpapakita ng kakulangan ng realidad. Kapag ang ilang tao ay nagbabahagi tungkol sa mga bagay sa espiritwal na buhay, bagaman hindi nila binabanggit ang pagkakautang sa Diyos, pinananatili naman nila ang tunay na pagmamahal sa Kanya sa kaibuturan ng kanilang mga puso. Ang iyong pagkaramdam ng pagkakautang sa Diyos ay walang kinalaman sa ibang tao; may utang na loob ka sa Diyos, hindi sa sangkatauhan. Kaya anong silbi na parati mo itong binabanggit sa iba? Kailangang bigyan mo ng halaga ang pagpasok sa realidad, hindi ang panlabas na sigasig o pakitang-tao. Ano ang kinakatawan ng panlabas na mabubuting gawa ng mga tao? Kinakatawan ng mga ito ang laman, at kahit na ang pinakamagagandang panlabas na gawi ay hindi kumakatawan sa buhay; tanging ang iyong sariling indibidwal na pag-uugali ang maipapakita ng mga ito. Hindi kayang tuparin ng mga panlabas na gawi ng tao ang nais ng Diyos. Lagi mong binabanggit ang iyong pagkakautang sa Diyos, ngunit hindi mo kayang tustusan ang buhay ng iba o pukawin sila na mahalin ang Diyos. Naniniwala ka bang ikalulugod ng Diyos ang mga naturang kilos mo? Naniniwala kang nakaayon sa kalooban ng Diyos ang iyong mga kilos, na ang mga ito ay sa espiritu, ngunit ang totoo ay pawang kabaliwan ang mga ito! Naniniwala ka na kung ano ang kasiya-siya sa iyo at kung ano ang nais mong gawin ay iyon ngang mga bagay na nakalulugod sa Diyos. Kaya bang katawanin ng mga kagustuhan mo ang Diyos? Kaya bang katawanin ng karakter ng isang tao ang Diyos? Ang kasiya-siya sa iyo ay iyon ngang kinasusuklaman ng Diyos, at ang iyong mga gawi ay siyang pinandidirihan at inaayawan ng Diyos. Kung pakiramdam mo ay may utang na loob ka, kung gayon ay manalangin ka sa Diyos. Hindi mo kailangang banggitin ito sa iba. Kung hindi ka nananalangin sa Diyos at sa halip ay laging umaakit ng pansin sa iyong sarili sa presensya ng iba, kaya ba nitong bigyang-kaluguran ang kalooban ng Diyos? Kung laging panlabas lamang ang iyong mga kilos, nangangahulugan ito na ikaw ay sukdulan

sa pagkahambog. Anong uri ng mga tao silang pakitang-tao lamang ang paggawa ng mabuti at salat sa realidad? Ang mga naturang tao ay mga mapagpaimbabaw na Pariseo at mga relihiyosong tao! Kung hindi ninyo iwawaksi ang inyong mga panlabas na gawi at hindi ninyo kayang gumawa ng mga pagbabago, lalong lalago sa inyo ang mga elemento ng pagpapaimbabaw. Habang mas higit ang mga elemento ng pagpapaimbabaw sa inyo, mas higit ang pagsalungat sa Diyos. Sa katapusan, ang mga naturang tao ay siguradong aalisin!

Tanging Yaong mga Nakababatid Lamang ng Gawain ng Diyos Ngayon ang Maaaring Paglingkuran ang Diyos

Upang magpatotoo sa Diyos at upang hiyain ang malaking pulang dragon, dapat mayroong prinsipyo ang isang tao, at dapat matugunan niya ang isang kondisyon: Dapat niyang mahalin ang Diyos sa puso niya at pumasok sa mga salita Niya. Kung hindi ka papasok sa mga salita ng Diyos, wala kang magiging paraan upang hiyain si Satanas. Sa pamamagitan ng paglago sa buhay mo, itinatakwil mo ang malaking pulang dragon at dinadalhan ito ng lubos na kahihiyan; tanging ito lamang ang tunay na makapagpapahiya sa malaking pulang dragon. Habang mas handa kang isagawa ang mga salita ng Diyos, mas lumalaki ang katibayan ng pagmamahal mo sa Diyos at ng pagkamuhi mo sa malaking pulang dragon; habang mas sinusunod mo ang mga salita ng Diyos, mas lumalaki ang katibayan ng pananabik mo sa katotohanan. Ang mga taong hindi nananabik sa mga salita ng Diyos ay mga taong walang buhay. Ang ganitong mga tao ay yaong mga nasa labas ng mga salita ng Diyos, na kasapi sa relihiyon. Ang mga taong tunay na naniniwala sa Diyos ay may mas malalim na kaalaman sa mga salita ng Diyos sa pamamagitan ng pagkain at pag-inom ng mga salita Niya. Kung hindi mo pinananabikan ang mga salita ng Diyos, hindi mo tunay na makakain at maiinom ang mga salita Niya, at kung wala kang kaalaman sa mga salita ng Diyos, wala kang paraan upang magpatotoo sa Diyos o magbigay-kasiyahan sa Diyos.

Sa paniniwala sa Diyos, paano dapat makilala ng isang tao ang Diyos? Dapat niyang makilala ang Diyos batay sa mga salita at sa gawain ng Diyos ngayon, nang walang paglihis o kamalian, at, bago ang lahat, dapat niyang mabatid ang gawain ng Diyos. Ito ang pundasyon ng pagkakilala sa Diyos. Lahat yaong iba't ibang kamaliang salat sa dalisay na pagkaunawa sa mga salita ng Diyos ay mga relihiyosong kuru-kuro; ang mga ito ay lihis at maling mga pagkaunawa. Ang pinakamalaking kasanayan ng mga kilalang tao sa relihiyon ay ang pagkuha sa mga salita ng Diyos na naintindihan noong nakaraan at pagkumpara ng mga salita ng Diyos ngayon sa mga ito. Kung, habang pinaglilingkuran ang Diyos ng ngayon, kumakapit ka sa mga bagay na ibinunyag ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu noong nakaraan, magdudulot ang paglilingkod mo ng paggambala, at

magiging lipas na sa panahon ang pagsasagawa mo, walang iba kundi seremonyang pangrelihiyon. Kung naniniwala kang yaong mga pinaglilingkuran ang Diyos ay dapat mapagpakumbaba at matiisin sa panlabas, bukod sa iba pang mga katangian, at kung isasagawa mo ang ganitong uri ng kaalaman ngayon, ang ganitong kaalaman ay isang relihiyosong kuru-kuro; ang ganitong pagsasagawa ay naging mapagkunwaring pagtatanghal. Tumutukoy sa mga bagay na lipas na ang pariralang “mga relihiyosong kuru-kuro” (kabilang ang pagkaunawa sa mga salitang sinabi na dati ng Diyos at ang liwanag na tuwirang ibinunyag ng Banal na Espiritu), at kung isasagawa ang mga ito ngayon, gagambalain ng mga ito ang gawain ng Diyos at hindi magdadala ng pakinabang sa tao. Kung hindi magagawang alisin ng mga tao mula sa mga sarili nila yaong mga bagay na kabilang sa mga relihiyosong kuru-kuro, magiging matinding sagabal ang mga bagay na ito sa paglilingkod nila sa Diyos. Ang mga taong may mga relihiyosong kuru-kuro ay walang paraan upang makasabay sa mga hakbang ng gawain ng Banal na Espiritu—nahuhuli sila nang isang hakbang, pagkatapos ay dalawa. Ito ay dahil ang mga relihiyosong kuru-kuro na ito ay nagdudulot sa tao na maging sobrang mapagmagaling at mapagmataas. Walang nararamdamang pangungulila ang Diyos para sa sinabi at ginawa Niya noong nakaraan; kung lipas na ang isang bagay, inaalís Niya ito. Tunay bang hindi mo kayang bitawan ang mga kuru-kuro mo? Kung kumakapit ka sa mga salitang sinabi ng Diyos noong nakaraan, pinatutunayan ba nito na nababatid mo ang gawain ng Diyos? Kung hindi mo kayang tanggapin ang liwanag ng Banal na Espiritu ngayon, at sa halip ay kumakapit ka sa liwanag ng nakalipas, mapatutunayan ba nito na sinusundan mo ang mga yapak ng Diyos? Hindi mo pa rin ba kayang bitawan ang mga relihiyosong kuru-kuro? Kung gayon, magiging isa kang taong sumasalungat sa Diyos.

Kung kayang bitawan ng mga tao ang mga relihiyosong kuru-kuro, hindi nila gagamitin ang mga isip nila para sukatin ang mga salita at gawain ng Diyos ngayon, at sa halip ay tuwirang susunod. Bagamat ang gawain ng Diyos ngayon ay maliwanag na hindi katulad ng sa nakaraan, hindi mo pa rin magawang bitawan ang mga pananaw ng nakalipas at tuwirang sumunod sa gawain ng Diyos ngayon. Kung may kakayahan kang maunawaan na dapat mong bigyan ng kataas-taasang posisyon ang gawain ng Diyos ngayon, paano man Siya gumawa noong nakaraan, isa kang tao na nabitawan na ang mga kuru-kuro niya, na sumusunod sa Diyos, at na kayang sumunod sa gawain at mga salita ng Diyos at sundan ang mga yapak Niya. Sa ganito, magiging isa kang taong tunay na sumusunod sa Diyos. Hindi mo sinusuri o masusing sinisiyasat ang gawain ng Diyos; ito ay para bang nakalimutan na ng Diyos ang dati Niyang gawain, at nakalimutan mo na rin ito. Ang kasalukuyan ay ang kasalukuyan, at ang nakaraan ay ang nakaraan, at yamang ngayon, isinantabi na ng Diyos ang ginawa Niya noong nakalipas, hindi ka dapat manahan dito. Tanging ang ganitong tao lamang ang taong lubos na sumusunod sa Diyos at tuluyang bumitiw na sa mga relihiyosong kuru-kuro niya.

Sapagkat palaging mayroong mga bagong pagsulong sa gawain ng Diyos, may gawaing nagiging lipas na at luma sa pag-usbong ng bagong gawain. Ang magkakaibang

uring ito ng gawain, luma at bago, ay hindi magkakasalungat, kundi magkakatugma; ang bawat hakbang ay sumusunod sa nauna. Sapagkat may bagong gawain, mangyari pa, dapat alisin ang mga lumang bagay. Halimbawa, ang ilan sa mga matatagal nang itinatag na pagsasagawa at nakaugaliang mga kasabihan ng tao, kaakibat ng maraming taong karanasan at mga aral ng tao, ay bumuo ng lahat ng uri at anyo ng mga kuru-kuro sa isip ng tao. Na hindi pa ganap na ibinubunyag ng Diyos ang tunay Niyang mukha at likas na disposisyon sa tao, kasama ng pagkalat, sa loob ng maraming taon, ng mga tradisyunal na teorya mula sa mga sinaunang panahon ay hindi pa mas nababagay sa pagbuo ng tao ng ganitong mga kuru-kuro. Maaaring sabihin na, sa buong panahon ng paniniwala ng tao sa Diyos, ang impluwensya ng iba't ibang mga kuru-kuro ay humantong sa patuloy na pagkabuo at ebolusyon ng lahat ng mga uri ng mga kuru-kurong pagkaunawa ng mga tao sa Diyos, na nagdulot sa maraming relihiyosong taong naglilingkod sa Diyos na maging kaaway Niya. Kaya, habang mas lumalakas ang mga relihiyosong kuru-kuro ng mga tao, mas lalo nilang sinasalungat ang Diyos, at mas lalo silang mga kaaway ng Diyos. Palaging bago at hindi kailanman luma ang gawain ng Diyos; hindi ito kailanman bumubuo ng doktrina, sa halip ay patuloy na nagbabago at pinananariwa sa mas malaki o sa mas maliit na saklaw. Ang paggawa sa paraang ito ay isang pagpapahayag ng likas na disposisyon ng Diyos Mismo. Ito rin ang likas na prinsipyo ng gawain ng Diyos, at isa sa mga paraan kung paano nagagawa ng Diyos ang pamamahala Niya. Kung hindi gumawa ang Diyos sa ganitong paraan, hindi magbabago ang tao o magagawang makilala ang Diyos, at hindi matatalo si Satanas. Kaya naman, sa gawain Niya, patuloy na nangyayari ang mga pagbabago na mukhang paiba-iba, ngunit sa katotohanan ay pana-panahon. Subalit, ang paraan kung paano naniniwala ang tao sa Diyos ay lubos na naiiba. Kumakapit siya sa luma at pamilyar na mga doktrina at mga kaparaanan, at habang mas luma ang mga ito, mas kasiya-siya ang mga ito sa kanya. Paanong tatanggapin ng hangal na isip ng tao, na isang isip na kasintigas ng bato, ang napakaraming di-maarok na bagong gawain at mga salita ng Diyos? Kinasusuklaman ng tao ang Diyos na laging bago at hindi kailanman luma; ang gusto niya lamang ay ang lumang Diyos, na matanda na, puti ang buhok, at hindi umaalis sa lugar. Kaya naman, sapagkat may kanya-kaniyang mga gusto ang Diyos at ang tao, naging kaaway ng Diyos ang tao. Umiiral pa rin ang marami sa mga pagkakasalungatang ito kahit ngayon, sa panahong gumagawa na ng bagong gawain ang Diyos sa loob ng halos anim na libong taon. Kung gayon, hindi na malulunasan ang mga ito. Marahil dahil ito sa katigasan ng ulo ng tao, o ang pagiging hindi nalalabag ninuman ng mga atas administratibo ng Diyos—ngunit kumakapit pa rin sa mga inaamag na lumang libro at mga papel yaong mga lalaki at babaeng pastor, habang nagpapatuloy ang Diyos sa hindi pa nakukumpletong gawain Niya ng pamamahala, na parang wala Siyang kasama sa tabi Niya. Bagaman ang mga pagkakasalungatang ito ay ginagawang magkaaway ang Diyos at ang tao, at ni hindi pa maaaring lutasin, hindi binibigyang pansin ng Diyos ang mga ito, na para bang sabay silang nandoon at wala roon. Gayunman, nananatili

pa rin ang tao sa mga paniniwala at mga kuru-kuro niya, at hindi kailanman binibitawan ang mga ito. Subalit isang bagay ang maliwanag: Bagamat hindi lumilihis ang tao sa paninindigan niya, palaging gumagalaw ang mga paa ng Diyos, at palagi Niyang binabago ang paninindigan Niya ayon sa kapaligiran. Sa huli, ang tao ang siyang matatalo nang walang laban. Ang Diyos, samantala, ay ang pinakamatinding kaaway ng lahat ng mga kalabang tinalo Niya, at Siya rin ang kampeon ng sangkatauhan, ng parehong natalo at hindi natalo. Sino ang maaaring makipagpaligsahan sa Diyos at maging matagumpay? Tila mula sa Diyos ang mga kuru-kuro ng tao sapagkat nabuo ang marami sa mga ito kasunod ng gawain ng Diyos. Gayunman, hindi pinapatawad ng Diyos ang tao dahil dito, at, bukod dito, hindi rin Siya nagbubuhos ng papuri sa tao sa paggawa ng mga bungkos ng mga produktong “para sa Diyos” kasunod ng gawain Niya, na nasa labas ng gawain Niya. Sa halip, labis Siyang nasusuklam sa mga kuru-kuro at mga luma at relihiyosong paniniwala ng tao, at hindi man lamang naiisip na kilalanin ang petsa kung kailan unang lumitaw ang mga kuru-kuro na ito. Hindi Niya tinatanggap ni katiting na dulot ng gawain Niya ang mga kuru-kuro na ito, sapagkat ang mga kuru-kuro ng tao ay ipinalalaganap ng tao; ang pinagmulan ng mga ito ay ang mga saloobin at isip ng tao—hindi ng Diyos, kundi ni Satanas. Ang layunin ng Diyos ay palaging para ang gawain Niya ay maging bago at buhay, hindi luma at patay, at kung ano ang pinasusunod Niya sa tao ay nag-iiba alinsunod sa kapanahunan at panahon, at hindi walang-hanggan at di-nagbabago. Ito ay dahil isa Siyang Diyos na nagdudulot sa tao na mabuhay at maging bago, sa halip na isang diyablo na nagdudulot sa tao na mamatay at tumanda. Hindi pa rin ba ninyo nauunawaan ito? May mga kuru-kuro ka tungkol sa Diyos at wala kang kakayahang bitawan ang mga ito dahil sarado ang isip mo. Hindi ito dahil may napakakaunting katuturan sa gawain ng Diyos, ni dahil humihiwalay ang gawain ng Diyos sa mga pantaong hangarin, ni, bukod dito, dahil sa palaging pabaya ang Diyos sa mga tungkulin Niya. Hindi mo mabitawan ang mga kuru-kuro mo dahil masyado kang salat sa pagsunod, at sapagkat wala ka ni katiting na wangis ng isang nilikhang nilalang; hindi ito dahil ginagawang mahirap ng Diyos ang mga bagay para sa iyo. Ikaw ang nagsanhi ng lahat ng ito, at wala itong kaugnayan sa Diyos; nilikha ng tao ang lahat ng pagdurusa at kasawian. Palaging mabuti ang mga saloobin ng Diyos: Hindi Niya nais na magdulot sa iyo na bumuo ng mga kuru-kuro, kundi nagnanais na magbago ka at mapanariwa sa paglipas ng mga kapanahunan. Subalit hindi mo alam kung ano ang mabuti para sa iyo, at palagi kang masusing nagsisiyasat o nagsusuri. Hindi sa ginagawang mahirap ng Diyos ang mga bagay para sa iyo, kundi wala kang paggalang sa Diyos, at napakatindi ng pagsuway mo. Isang maliit na nilikhang nilalang, na nangangahas na kunin ang ilang walang-kuwentang bahagi ng dati nang ibinigay ng Diyos, pagkatapos ay babaling at gagamitin ito upang salakayin ang Diyos—hindi ba ito ang pagsuway ng tao? Patas sabihin na ang mga tao ay lubos na hindi karapat-dapat na magpahayag ng mga pananaw nila sa harap ng Diyos, at lalong hindi sila karapat-dapat na ipangalandakan ang kanilang walang halaga, mabaho, bulok, at mabulaklak na wika nang ayon sa nais nila—bukod pa sa

yaong inaamag na mga kuru-kuro. Hindi ba sila mas lalo pang walang halaga?

Ang isang taong tunay na pinaglilingkuran ang Diyos ay isang taong kaayon ng puso ng Diyos, na angkop para gamitin ng Diyos, at na nagagawang bitawan ang mga relihiyosong kuru-kuro. Kung nais mong maging mabisa ang pagkain at pag-inom mo ng mga salita ng Diyos, dapat mong bitawan ang mga relihiyosong kuru-kuro mo. Kung nais mong paglingkuran ang Diyos, mas lalong kinakailangang bitawan mo muna ang mga relihiyosong kuru-kuro at sundin ang mga salita ng Diyos sa lahat ng bagay. Ito ang dapat na taglay ng isang taong pinaglilingkuran ang Diyos. Kung salat ka sa kaalamang ito, sa sandaling maglingkod ka, magdudulot ka ng paggambala at mga kaguluhan, at kung kumakapit ka sa mga kuru-kuro mo, walang pagsalang patutumbahin ka ng Diyos, at hindi na kailanmang babangon pa. Tingnan mo ang kasalukuyan, bilang halimbawa: Marami sa mga pagbigkas at gawain sa ngayon ang di-kaayon sa Bibliya at sa gawaing dating ginawa ng Diyos, at kung wala kang pagnanais na sumunod, maaari kang bumagsak anumang oras. Kung nais mong maglingkod alinsunod sa kalooban ng Diyos, dapat bitawan mo muna ang mga relihiyosong kuru-kuro at iwasto ang sarili mong mga pananaw. Marami sa mga sasabihin ay magiging di-kaayon ng sinabi noong nakalipas, at kung ngayon ay salat ka na sa kaloobang sumunod, hindi mo magagawang lakarin ang landas na hinaharap. Kung ang isa sa mga kaparaanan ng paggawa ng Diyos ay nag-ugat na sa loob mo at hindi mo kailanman binitawan ito, ang kaparaanang ito ang magiging relihiyosong kuru-kuro mo. Kung nag-ugat na sa loob mo ang kung ano ang Diyos, nakamit mo na ang katotohanan, at kung ang mga salita at katotohanan ng Diyos ay may kakayahang maging buhay mo, hindi ka na magkakaroon pa ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos. Yaong mga nagtataglay ng tunay na pagkakilala sa Diyos ay hindi magkakaroon ng mga kuru-kuro at hindi susunod sa doktrina.

Itanong ang mga katanungang ito upang mapanatili mong mapagmatyag ang sarili mo:

1. Humahadlang ba sa paglilingkod mo sa Diyos ang kaalamang nasa loob mo?
2. Gaano karaming mga pagsasagawang pangrelihiyon ang nasa araw-araw mong pamumuhay? Kung nag-aanyong maka-Diyos ka lamang, ibig bang sabihin nito na lumago at nagkagulang na ang buhay mo?
3. Kapag kumakain at umiinom ka ng mga salita ng Diyos, nagagawa mo bang bitawan ang mga relihiyosong kuru-kuro mo?
4. Kapag nananalangin ka, nagagawa mo bang alisin ang seremonyang pangrelihiyon?
5. Isa ka bang taong angkop para gamitin ng Diyos?
6. Gaano karami sa pagkakilala mo sa Diyos ang naglalaman ng mga relihiyosong kuru-kuro?

Ang Tunay na Pag-ibig sa Diyos ay Kusa

Ang lahat ng tao ay naisailalim na sa pagpipino dahil sa mga salita ng Diyos. Kung hindi nagkatawang-tao ang Diyos, tiyak na hindi magkakaroon ang sangkatauhan ng biyaya ng paghihirap sa pamamagitan ng pagpipinong ito. Sa ibang salita, lahat yaong mga nakatatanggap ng mga pagsubok ng mga salita ng Diyos ay pinagpala. Batay sa likas na kakayahan ng mga tao, kanilang pag-uugali, at kanilang mga saloobin sa Diyos, hindi sila karapat-dapat na tumanggap ng ganitong uri ng pagpipino. Dahil itinaas sila ng Diyos kung kaya natamasa nila ang pagpapalang ito. Sinasabi dati ng mga tao na hindi sila karapat-dapat na makita ang mukha ng Diyos o marinig ang Kanyang mga salita. Sa kasalukuyan, lubos na dahil sa pagtataas ng Diyos at sa Kanyang awa kung kaya natanggap ng mga tao ang pagpipino ng Kanyang mga salita. Ito ang pagpapala ng bawat taong isinilang sa mga huling araw—personal na ba ninyong naranasan ito? Kung saang mga aspeto dapat dumanas ang mga tao ng pagdurusa at mga dagok ay itinatalaga ng Diyos—hindi ito batay sa sariling mga kinakailangan ng mga tao. Ito ang maliwanag na katotohanan. Ang bawat mananampalataya ay dapat magtaglay ng kakayahan na tanggapin ang mga pagsubok ng mga salita ng Diyos at magdusa sa loob ng Kanyang mga salita. Malinaw ba ito sa inyo? Kaya, kapalit ng pagdurusa na iyong pinagdaanan, natanggap mo ang mga biyaya ng araw na ito; kung hindi ka magdurusa para sa Diyos, hindi mo makakamit ang Kanyang papuri. Maaaring nagreklamo ka dati, ngunit, gaano ka man nagreklamo, hindi iyon naaalala ng Diyos tungkol sa iyo. Sumapit na ang araw na ito, at hindi kailangang tingnan ang mga nangyari kahapon.

Sinasabi ng ilang tao na sinusubukan nilang ibigin ang Diyos ngunit hindi nila magawa. Tapos, kapag naririnig nila na ang Diyos ay papaalis na, bigla silang nakakaramdam ng pag-ibig sa Kanya. Ang ilang tao, sa pangkalahatan, ay hindi nagsasagawa ng katotohanan, at kapag naririnig nila na ang Diyos ay papaalis na nang galit, humaharap sila sa Kanya at nananalanging: “O Diyos! Pakiusap, huwag Kang umalis. Bigyan Mo ako ng pagkakataon! Diyos ko! Ikaw ay hindi ko nabigyan ng kaluguran noon; ako ay nagkautang sa Iyo at lumaban sa Iyo. Ngayon ay nakahanda akong ganap na ialay ang aking katawan at puso upang sa wakas ay palugurin at ibigin Kita. Hindi na ako muling magkakaroon ng ganitong pagkakataon.” Nagawa mo na ba ang gayong uri ng panalangin? Kapag nananalangin ang isang tao sa ganitong paraan, ito ay dahil pinukaw na ng mga salita ng Diyos ang kanyang konsensya. Ang lahat ng tao ay manhid at mapurol ang pag-iisip. Sila ay sumasailalim sa pagkastigo at pagpipino, subalit hindi nila nalalaman kung ano ang sinusubukang isakatuparan ng Diyos dito. Kung hindi gumawa ang Diyos sa ganitong paraan, ang mga tao ay malilito pa rin; walang tao ang makapupukaw sa mga espirituwal na damdamin sa puso ng mga tao. Tanging ang mga salita ng Diyos, na humahatol at nagbubunyag sa mga tao, ang makakapagbunga noon. Kaya, ang lahat ng bagay ay natatamo at natutupad dahil sa mga salita ng Diyos, at dahil lamang sa Kanyang mga salita kaya napukaw ang pag-ibig ng sangkatauhan

para Sa Diyos. Ang pagmamahal sa Diyos na batay lamang sa konsensya ng tao ay hindi magtatamo ng ninanais na resulta. Hindi ba ibinatay ng mga tao ang kanilang pag-ibig sa Diyos sa kanilang mga konsensya sa nakaraan? Mayroon bang kahit isang tao na nagkusang ibigin ang Diyos? Tanging sa pamamagitan ng paghihikayat ng mga salita ng Diyos kaya inibig ng mga tao ang Diyos. Sinasabi ng ilang tao: “Sinunod ko na ang Diyos sa loob ng maraming taon at tinamasa ang napakarami sa Kanyang mga biyaya, napakaraming pagpapala. Ako ay sumailalim na sa pagpipino at paghatol mula sa Kanyang mga salita. Kaya marami na akong naunawaan, at nakita ko na ang pag-ibig ng Diyos. Kailangan ko Siyang pasalamatan, kailangan kong suklian ang Kanyang biyaya. Bibigyan ko ng kaluguran ang Diyos sa pamamagitan ng kamatayan, at ibabatay ko ang aking pag-ibig sa Kanya sa aking konsensya.” Hindi madarama ng mga tao ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos kung makikinig lamang sila sa mga damdamin ng kanilang konsensya. Kung aasa lamang sila sa kanilang konsensya, ang pag-ibig nila sa Diyos ay magiging mahina. Kung magsasalita ka lamang tungkol sa pagsusukli sa biyaya at pag-ibig ng Diyos, hindi ka magkakaroon ng anumang pagpupursigi sa iyong pag-ibig sa Kanya; ang pag-ibig sa Kanya batay sa mga damdamin ng iyong konsensya ay isang balintiyak na pamamaraan. Bakit Ko sinasabi na isa iyong balintiyak na pamamaraan? Ito ay isang praktikal na usapin. Anong uri ng pag-ibig ang inyong pag-ibig sa Diyos? Hindi ba ito panlilinlang lamang sa Diyos at wala sa loob na paggawa para sa Kanya? Karamihan sa mga tao ay naniniwala na yamang walang gantimpala sa pag-ibig sa Diyos at ang isang tao ay kakastiguhin din naman sa hindi pag-ibig sa Kanya, kaya sa pangkalahatan, ang hindi pagkakasala lamang ay sapat na. Kaya ang pag-ibig sa Diyos at ang pagsukli sa Kanyang pag-ibig batay sa mga damdamin ng konsensya ng isang tao ay isang balintiyak na pamamaraan, at hindi ito pag-ibig sa Diyos na kusang nangagaling mula sa puso ng isang tao. Ang pag-ibig sa Diyos ay dapat na isang tunay na damdamin mula sa kaibuturan ng puso ng isang tao. Sinasabi ng ilang tao: “Ako mismo ay nakahandang hanapin ang Diyos at sundin Siya. Ngayon, kahit gusto akong iwanan ng Diyos, susundin ko pa rin Siya. Gusto man Niya ako o hindi, iibigin ko pa rin Siya, at sa huli, kailangan ko Siyang makamit. Iniaalay ko ang aking puso sa Diyos, at anuman ang Kanyang gawin, susundin ko Siya sa aking buong buhay. Anuman ang mangyari, kailangan kong ibigin ang Diyos at kailangan ko Siyang makamit; hindi ako titigil hangga’t hindi ko Siya nakakamit.” Taglay mo ba ang ganitong uri ng paninindigan?

Ang landas ng paniniwala sa Diyos ay walang pinag-iba sa landas ng pag-ibig sa Kanya. Kung naniniwala ka sa Kanya kailangan mo Siyang ibigin; subalit, ang pag-ibig sa Kanya ay hindi lamang tumutukoy sa pagsukli sa Kanyang pag-ibig o pag-ibig sa Kanya batay sa mga damdamin ng iyong konsensya—ito ay isang dalisay na pag-ibig para sa Diyos. Minsan, hindi nararamdaman ng mga tao ang pagmamahal ng Diyos batay sa kanilang konsensya lamang. Bakit ba palagi Kong sinabing: “Nawa’y antigin ng Espiritu ng Diyos ang ating mga espiritu”? Bakit hindi Ko binanggit ang pag-antig ng konsensya ng mga tao upang ibigin ang Diyos? Ito ay dahil hindi nadarama ng konsensya ng mga

tao ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos. Kung ikaw ay hindi nakumbinsi ng mga salitang ito, subukan mong gamitin ang iyong konsensya upang damhin ang Kanyang pag-ibig. Maaaring bahagyang pursigido ka sa ngayon, ngunit maglalaho rin iyan agad. Kung nadarama mo lang ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos sa iyong konsensiya, magiging pursigido ka habang ikaw ay nananalangin, ngunit pagkatapos noon ay agad itong lilipas at maglalaho. Bakit ganoon? Kung ang ginagamit mo lamang ay ang iyong konsensya, hindi mo mapupukaw ang iyong pag-ibig para sa Diyos; kapag talagang nadarama mo ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos sa iyong puso, ang iyong espiritu ay aantigin Niya, at sa gayong pagkakataon lamang magagampanan ng iyong konsensya ang orihinal nitong papel. Na ang ibig sabihin, kapag inaantig ng Diyos ang espiritu ng tao at kapag may kaalaman ang tao at nahimok sa kanyang puso, iyon ay, kapag nagkamit na siya ng karanasan, saka lamang niya magagawang mabisang ibigin ang Diyos gamit ang kanyang konsensya. Ang pag-ibig sa Diyos gamit ang iyong konsensya ay hindi mali—ito ang pinakamababang antas ng pag-ibig sa Diyos. Ang pag-ibig sa pamamagitan ng “bahagyang pagbibigay lang ng hustisya sa biyaya ng Diyos” ay hindi talaga magtutulak sa taong masigasig na pumasok. Kapag natatamo ng mga tao ang kaunting gawain ng Banal na Espiritu, iyon ay, kapag nakikita at nararamdaman nila ang pag-ibig ng Diyos sa kanilang praktikal na karanasan, kapag mayroon silang kaunting kaalaman tungkol sa Diyos at tunay na nakikita na ang Diyos ay napakakarapat-dapat sa pag-ibig ng sangkatauhan at kung gaano Siya kaibig-ibig, saka lamang nila nagagawang ibigin nang tunay ang Diyos.

Kapag kinakausap ng mga tao ang Diyos gamit ang kanilang mga puso, kapag nagagawa ng kanilang mga puso na ganap na bumaling sa Kanya, ito ang unang hakbang sa pag-ibig ng tao para sa Diyos. Kung nais mong ibigin ang Diyos, kailangan mo munang magawang ibaling ang iyong puso sa Kanya. Ano ang pagbaling ng iyong puso sa Diyos? Ito ay kapag ang lahat ng iyong hinahangad sa iyong puso ay para sa kapakanan ng pag-ibig at pagkakamit sa Diyos. Ipinakikita nito na ganap mo nang naibaling ang iyong puso sa Diyos. Maliban sa Diyos at sa Kanyang mga salita, halos wala nang ibang nasa iyong puso (pamilya, kayamanan, asawang lalaki, asawang babae, mga anak, atbp.). Kung mayroon man, hindi makakapanahan ang gayong mga bagay sa iyong puso, at hindi mo iniisip ang mga inaasahan mo sa iyong hinaharap kundi hinahangad lamang ang pag-ibig sa Diyos. Sa gayong pagkakataon ay naibaling mo na nang ganap ang iyong puso sa Diyos. Ipagpalagay mong gumagawa ka pa rin ng mga plano para sa iyong sarili sa iyong puso at palaging hinahangad ang pansariling pakinabang, palaging iniisip: “Kailan kaya ako makagagawa ng munting kahilingan sa Diyos? Kailan kaya yayaman ang aking pamilya? Paano kaya ako makakakuha ng ilang magagandang damit? ...” Kung ikaw ay nabubuhay sa gayong kalagayan, ipinakikita nito na ang iyong puso ay hindi pa ganap na nakabaling sa Diyos. Kung taglay mo lamang ang mga salita ng Diyos sa iyong puso at nagagawa mong manalangin sa Diyos at maging malapit sa Kanya sa lahat ng pagkakataon—na parang napakalapit Niya sa iyo,

na parang ang Diyos ay nasa loob mo at ikaw ay nasa loob Niya—kung ikaw ay nasa gayong uri kalagayan, nangangahulugan ito na ang iyong puso ay nasa presensya na ng Diyos. Kung ikaw ay nananalangin sa Diyos at kinakain at iniinom mo ang Kanyang mga salita araw-araw, palaging iniisip ang gawain ng iglesia, at kung nagpapakita ka ng pagsasaalang-alang sa kalooban ng Diyos, ginagamit ang iyong puso upang ibigin Siya nang tunay at bigyang-kaluguran ang Kanyang puso, ang iyong puso ay magiging pag-aari ng Diyos. Kung ang iyong puso ay pinananahanan ng maraming ibang bagay, ito ay pinananahanan pa rin ni Satanas at ito ay hindi pa tunay na nakabaling sa Diyos. Kapag ang puso ng isang tao ay tunay na nakabaling na sa Diyos, magkakaroon sila ng tunay at kusang pag-ibig sa Kanya at magagawang isaalang-alang ang gawain ng Diyos. Bagama't maaari pa rin silang magkaroon ng mga sandali ng kahangalan at kawalan ng katwiran, nagpapakita sila ng pagsasaalang-alang sa kapakanan ng bahay ng Diyos, sa Kanyang gawain, at sa sarili nilang pagbabago ng disposisyon, at malinis ang intensyon nila. May mga taong palaging sinasabi na lahat ng ginagawa nila ay para sa iglesia gayong, ang totoo, gumagawa sila para sa sariling pakinabang. Ang mga taong tulad nito ay nagtataglay ng maling uri ng layunin. Sila ay buktot at mapanlinlang at karamihan sa mga bagay na kanilang ginagawa ay para sa kanilang sariling pakinabang. Hindi hinahangad ng ganitong uri ng tao ang pagmamahal sa Diyos; ang kanilang puso ay pag-aari pa rin ni Satanas at hindi makakabaling sa Diyos. Sa gayon, walang paraan ang Diyos upang matamo ang ganitong uri ng tao.

Kung nais mong ibigin nang tunay ang Diyos at makamit Niya, ang unang hakbang ay ang ganap na ibaling ang iyong puso sa Diyos. Sa bawat bagay na iyong ginagawa, siyasatin mo ang iyong sarili at itanong: “Ginagawa ko ba ito batay sa isang pusong may pag-ibig sa Diyos? Mayroon bang anumang pansariling hangarin sa likod nito? Ano ba ang aking tunay na layunin sa paggawa nito?” Kung nais mong ibigay ang iyong puso sa Diyos, kailangan mo munang supilin ang iyong sariling puso, bitiwang lahat ng iyong sariling hangarin, at tamuhin ang kalagayan ng pagiging ganap na para sa Diyos. Ito ang landas ng pagsasagawa ng pagbibigay ng iyong puso sa Diyos. Ano ang tinutukoy ng pagsupil sa sariling puso ng isang tao? Ito ay ang pagbitiw sa maluluhong pagnanasa ng laman ng tao, ang hindi pag-iimbot ng kaginhawahan o ng mga pakinabang ng katayuan. Ito ay ang paggawa ng lahat upang bigyang-kaluguran ang Diyos, at ang paggawa sa puso ng isang tao na maging ganap na para sa Kanya, hindi para sa kanyang sarili. Sapat na ito.

Ang tunay na pag-ibig sa Diyos ay nanggagaling sa kaibuturan ng puso; ito ay isang pag-ibig na umiiral lamang batay sa kaalaman ng tao tungkol sa Diyos. Kapag ang puso ng isang tao ay ganap na bumabaling sa Diyos, taglay nila ang pag-ibig sa Diyos, ngunit ang pag-ibig na iyon ay maaaring hindi dalisay at hindi lubos. Ito ay dahil mayroon pa ring kaunting agwat sa pagitan ng puso ng isang tao na lubusang bumabaling sa Diyos at ng pagkakaroon ng taong iyon ng tunay na pagkaunawa sa Diyos at tunay na pagsamba sa Kanya. Ang paraan para matamo ng tao ang tunay na pagmamahal sa

Diyos at malaman ang disposisyon ng Diyos ay ang ibaling ang kanyang puso sa Diyos. Kapag ibinibigay ng tao ang kanyang tunay na puso sa Diyos, nagsisimula siyang pumasok sa karanasan ng buhay. Sa ganitong paraan, ang kanyang disposisyon ay nagsisimulang magbago, ang kanyang pag-ibig sa Diyos ay unti-unting lumalago, at ang kanyang kaalaman tungkol sa Diyos ay unti-unti ring nadaragdagan. Kaya, ang pagbaling ng puso ng tao sa Diyos ay paunang kondisyon lamang para makapasok sa tamang landas ng karanasan sa buhay. Kapag inilalagay ng mga tao ang kanilang mga puso sa harap ng Diyos, mayroon lamang silang puso na nasasabik sa Kanya ngunit hindi ang pag-ibig para sa Kanya, sapagkat wala silang taglay na pagkaunawa sa Kanya. Bagama't sa pagkakataong ito ay mayroon silang kaunting pag-ibig para sa Kanya, ito ay hindi kusa at ito ay hindi tunay. Ito ay dahil anumang nanggagaling sa laman ng tao ay isang produkto ng damdamin at hindi nagmumula sa tunay na pagkaunawa. Ito ay isa lamang bugso ng damdamin at hindi ito maaaring magdulot ng pangmatagalang pagsamba. Kapag ang mga tao ay walang pagkaunawa sa Diyos, maaari lamang nila Siyang ibigin batay sa kanilang sariling mga kagustuhan at sa kanilang indibiduwal na mga kuru-kuro a; ang ganitong uri ng pag-ibig ay hindi matatawag na kusang pag-ibig, ni matatawag na tunay na pag-ibig. Ang puso ng tao ay maaaring tunay na bumaling sa Diyos, at magkaroon ng kakayahang isipin ang kapakanan ng Diyos sa lahat ng bagay, ngunit kung wala siyang pagkaunawa sa Diyos, hindi siya magkakaroon ng kakayahang magtaglay ng tunay na kusang pag-ibig. Ang tanging magagawa niya ay tuparin ang ilang gampanin para sa iglesia o gawin nang kaunti ang kanyang tungkulin, ngunit gagawin niya ito nang walang batayan. Ang disposisyon ng ganitong uri ng tao ay mahirap baguhin; ang gayong mga tao ay hindi naghahanap ng katotohanan, o hindi ito nauunawaan. Kahit na ganap na ibinabaling ng isang tao ang kanyang puso sa Diyos, hindi ito nangangahulugan na ang kanyang pusong umiibig sa Diyos ay ganap na dalisay, sapagkat yaong mga taglay ang Diyos sa kanilang puso ay hindi tiyak na nagtataglay ng pag-ibig sa Diyos sa kanilang mga puso. Ito ay tungkol sa pagkakaiba sa pagitan ng isang tao na naghahangad o hindi ng pagkaunawa sa Diyos. Sa sandaling ang isang tao ay magkaroon ng pagkaunawa sa Kanya, ipinakikita nito na ang kanyang puso ay ganap nang bumaling sa Diyos, ipinakikita nito na ang kanyang tunay na pag-ibig sa Diyos sa kanyang puso ay kusa. Tanging ang ganitong uri ng tao ang taglay ang Diyos sa kanilang puso. Ang pagbaling ng puso ng isang tao sa Diyos ay isang paunang kondisyon para makapunta siya sa tamang landas, para maunawaan ang Diyos, at para matamo ang pagmamahal sa Diyos. Hindi ito isang pananda ng pagkumpleto ng tungkulin ng isang tao na ibigin ang Diyos, ni isang pananda ng pagkakaroon ng tunay na pag-ibig sa Kanya. Ang tanging paraan para makamit ng isang tao ang tunay na pagmamahal sa Diyos ay ang ibaling ang kanyang puso sa Kanya, na siya ring unang bagay na dapat gawin ng isang tao bilang isa sa Kanyang mga nilikha. Yaong mga umiibig sa Diyos ay pawang mga tao na naghahangad ng buhay, iyon ay, mga taong naghahanap sa katotohanan at tunay

na ninanais ang Diyos; taglay nilang lahat ang kaliwanagan ng Banal na Espiritu at naantig na Niya. Nakakamit nilang lahat ang paggabay ng Diyos.

Kapag nararamdaman ng isang tao na may pagkakautang siya sa Diyos, iyon ay dahil inantig na siya ng Espiritu; yaong mga nakararamdam ng ganito ay malamang na taglay ang isang pusong nananabik at makapaghahangad na pumasok sa buhay. Ngunit kapag ikaw ay humihinto sa isang partikular na hakbang, hindi ka makapagpapatuloy nang husto; naroroon pa rin ang panganib na makulong sa lambat ni Satanas, at sa isang punto ay bibihagin ka ni Satanas. Itinutulot ng pagpapalinaw ng Diyos na makilala ng mga tao ang kanilang mga sarili at kasunod ay madama ang kanilang pagkakautang sa Diyos; nagiging handa silang makipagtulungan sa Kanya at iwaksi ang mga bagay na hindi nakalulugod sa Kanya. Ito ang prinsipyo ng gawain ng Diyos. Kayong lahat ay nakahanda na hangaring lumago sa inyong mga buhay at pagmamahal sa Diyos, kaya inalis mo na ba sa iyong sarili ang iyong paimbabaw na mga pamamaraan? Kung inalis mo lamang sa iyong sarili ang mga paimbabaw na pamamaraan at umiwas sa mapanira o mapagmataas na ugali, yaon ba ay tunay na paghahangad na lumago sa iyong buhay? Kung inalis mo sa iyong sarili ang lahat ng paimbabaw na ugali ngunit hindi ka pumasok sa mga salita ng Diyos, ipinapakita nito na hindi ka aktibong umuusad. Ano ang ugat ng paimbabaw na ugali? Ang iyo bang mga ginagawa ay alang-alang sa paglago mo sa buhay? Hinahangad mo ba na matanggap bilang kabilang sa bayan ng Diyos? Anuman ang pinag-uukulan mo ng pansin ang siya mong isasabuhay; kung nakatuon ka sa paimbabaw na ugali, ang iyong puso ay madalas na nakatuon palabas at hindi ka magkakaroon ng paraan para hangarin na lumago sa iyong buhay. Kinakailangan ng Diyos ang isang pagbabago ng disposisyon, ngunit palagi mong hinahangad ang mga bagay na panlabas; ang ganitong uri ng tao ay hindi kayang baguhin ang kanyang disposisyon! Sa proseso ng pagkakamit ng paggulang sa buhay, ang lahat ng tao ay dapat dumaan sa isang ruta: Kailangan nilang tanggapin ang paghatol, ang pagkastigo, at ang pagperpekto ng mga salita ng Diyos. Kung hindi mo taglay ang mga salita ng Diyos kundi umaasa lamang sa iyong sariling pagtitiwala at kalooban, ang lahat ng iyong ginagawa ay batay lamang sa sigasig. Iyon ay, kung nais mo ng paglago sa iyong buhay kailangan mong kainin, inumin, at unawain ang marami pang salita ng Diyos. Lahat yaong mga ginagawang perpekto ng Kanyang mga salita ay nagagawang isabuhay ang mga ito; yaong mga hindi sumasailalim sa pagpipino ng Kanyang mga salita, hindi sumasailalim sa paghatol ng Kanyang mga salita, ay hindi magiging akma para magamit Niya. Kaya, sa anong antas ninyo isinasabuhay ang Kanyang mga salita? Tanging kapag kinakain at iniinom ninyo ang mga salita ng Diyos at nagagawa ninyong maihambing ang mga ito sa sarili ninyong kalagayan sa buhay, at nakahanap kayo ng isang landas ng pagsasagawa na isinasaalang-alang ang mga bagay na Aking binanggit, saka magiging tama at naaayon sa kalooban ng Diyos ang inyong pagsasagawa. Tanging ang isang taong may ganitong uri ng pagsasagawa ang may kalooban na ibigin ang Diyos.

Tungkol sa Pagsasagawa ng Panalangin

Hindi ninyo pinahahalagahan ang panalangin sa inyong pang-araw-araw na buhay. Kinaliligtaan ng tao ang pagdarasal. Dati-rati ay wala sa loob ang mga pagdarasal, na basta-basta na lang itong ginagawa ng tao sa harap ng Diyos. Walang taong lubos na naghandog ng kanyang puso sa harap ng Diyos at tunay na nanalangin sa Diyos. Nanalangin lamang ang tao sa Diyos kapag may dumarating na problema. Sa buong panahong ito, nakapagdasal ka na ba nang tunay sa Diyos? Nagkaroon na ba ng pagkakataong lumuha ka dahil sa sakit sa harap ng Diyos? Nagkaroon na ba ng pagkakataon na nakilala mo ang iyong sarili sa Kanyang harapan? Nakapagdasal ka na ba nang tapatan sa Diyos? Ang panalangin ay dumarating sa pamamagitan ng pagsasanay: Kung hindi ka karaniwang nagdarasal sa bahay, hindi ka posibleng makapagdasal sa iglesia, at kung hindi ka karaniwang nagdarasal sa maliliit na pagtitipon, hindi mo makakayang manalangin sa malalaking pagtitipon. Kung hindi ka karaniwang lumalapit sa Diyos o nagninilay tungkol sa mga salita ng Diyos, wala kang masasabi kapag oras na para manalangin, at kahit manalangin ka, puro salita lang iyon; hindi iyon tunay na panalangin.

Ano ang tunay na panalangin? Ito ay pagsasabi ng nasa puso mo sa Diyos, pakikipagniig sa Diyos habang inuunawa mo ang Kanyang kalooban, pakikipag-usap sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga salita, pagkadama na talagang malapit ka sa Diyos, pagkadama na Siya ay kaharap mo, at paniniwala na mayroon kang sasabihin sa Kanya. Ramdam mong puno ng liwanag ang puso mo at ramdam mo kung gaano kaibig-ibig ang Diyos. Nadarama mo na mas inspirado ka, at nasisiyahan ang iyong mga kapatid na makinig sa iyo. Madarama nila na ang mga salitang binibigkas mo ay ang mga salitang nasa kaibuturan ng kanilang puso, mga salitang nais nilang sabihin, na para bang ang iyong mga salita ang kahalili ng sa kanila. Ito ang tunay na panalangin. Matapos kang tunay na manalangin, mapapayapa at masisiyahan ang puso mo. Maaaring mag-ibayo ang lakas na mahalín ang Diyos, at madarama mo na wala nang mas mahalaga o makabuluhan sa buhay kaysa mahalín ang Diyos. Pinatutunayan ng lahat ng ito na naging mabisa ang iyong mga dalangin. Nakapagdasal ka na ba sa gayong paraan?

At ano naman ang nilalaman ng panalangin? Dapat kang manalangin nang paisa-isang hakbang, alinsunod sa tunay na kalagayan ng puso mo at sa gawain ng Banal na Espiritu; nakakaniig mo ang Diyos alinsunod sa Kanyang kalooban at sa mga hinihingi Niya sa tao. Kapag nagsimula kang manalangin, ibigay mo muna ang puso mo sa Diyos. Huwag kang magtangkang unawain ang kalooban ng Diyos—subukan mo lamang sabihin sa Diyos ang nasa puso mo. Kapag humarap ka sa Diyos, ganito ang sabihin mo: “Diyos ko, ngayong araw ko lamang napagtanto na dati akong sumusuway sa Iyo. Totoong ako ay tiwali at kasuklam-suklam. Sinasayang ko lang ang buhay ko. Mula sa araw na ito mabubuhay ako para sa Iyo. Mamumuhay ako nang makabuluhan at

palulugurin ko ang Iyong kalooban. Nawa'y gumawa palagi sa akin ang Iyong Espiritu, patuloy akong liwanagan at tanglawan. Hayaan akong matibay at matunog na magpatotoo sa Iyong harapan. Hayaang makita ni Satanas sa amin ang Iyong kaluwalhatian, ang Iyong patotoo, at ang katibayan ng Iyong tagumpay." Kapag nanalangin ka sa ganitong paraan, ganap na mapapalaya ang puso mo. Sa pagdarasal sa ganitong paraan, mas mapapalapit ang puso mo sa Diyos, at kung madalas kang makapagdarasal sa ganitong paraan, tiyak na gagawa sa iyo ang Banal na Espiritu. Kung palagi kang tumatawag sa Diyos sa ganitong paraan, at nagpapasya ka sa Kanyang harapan, darating ang araw na magiging katanggap-tanggap ang iyong pagpapasya sa harap ng Diyos, na matatamo ng Diyos ang iyong puso at buong pagkatao, at sa bandang huli ay gagawin ka Niyang perpekto. Para sa inyo, napakahalaga ng panalangin. Kapag nanalangin ka at tinanggap mo ang gawain ng Banal na Espiritu, aantigin ng Diyos ang puso mo, at lalakas ang loob mo na mahalín ang Diyos. Kung hindi ka magdarasal nang taos sa puso mo, kung hindi mo bubuksan ang puso mo para makipagñiig sa Diyos, mawawalan ng paraan ang Diyos na gumawa sa iyo. Pagkatapos mong manalangin at masabi ang nasa puso mo, kung hindi pa nasimulan ng Espiritu ng Diyos ang Kanyang gawain, at wala kang natanggap na inspirasyon, ipinapakita nito na hindi tapat ang puso mo, hindi totoo ang sinasabi mo, at hindi pa rin dalisay. Pagkatapos mong manalangin, kung nakadama ka ng kasiyahan, naging katanggap-tanggap sa Diyos ang iyong mga panalangin at gumagawa sa iyo ang Espiritu ng Diyos. Bilang isang taong naglilingkod sa harap ng Diyos, hindi maaaring hindi ka manalangin. Kung tunay mong itinuturing na makabuluhan at mahalaga ang pakikipagñiig sa Diyos, maaari mo bang talikdan ang panalangin? Walang sinumang maaaring mabuhay na walang pakikipagñiig sa Diyos. Kung walang panalangin, nabubuhay ka sa laman, sa pagkaalipin kay Satanas; kung walang tunay na panalangin, nabubuhay ka sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman. Umaasa Ako na nagagawa ninyo, mga kapatid, na tunay na manalangin sa bawat araw. Hindi ito tungkol sa pagsunod sa mga panuntunan, kundi tungkol sa pagtatamo ng tiyak na resulta. Handa ka bang isakripisyo ang kaunting tulog at kasiyahan upang bumangon nang maaga para sa mga panalangin sa umaga at masiyahan sa mga salita ng Diyos? Kung nagdarasal ka na may dalisay na puso at kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos nang gaya nito, lalo kang magiging katanggap-tanggap sa Kanya. Kung ginagawa mo ito tuwing umaga, kung araw-araw mong isinasagawa na ibigay ang puso mo sa Diyos, makipagñiig at makipag-usap sa Kanya, siguradong madaragdagan ang iyong kaalaman tungkol sa Diyos, at mas mauunawaan mo ang kalooban ng Diyos. Sinasabi mo: "Diyos ko! Handa akong gampanan ang aking tungkulin. Sa Iyo ko lamang kayang ilaan ang aking buong pagkatao, upang Ikaw ay magtamo ng kaluwalhatian sa amin, upang matamasa Mo ang patotoong ibinabahagi ng grupo naming ito. Isinasamo ko na gumawa Ka sa amin, upang magawa kong tunay Kang mahalín at palugurin Ka at hangarin Ka bilang aking layunin." Habang tinatanggap mo ang pasaning ito, tiyak na gagawin kang perpekto ng Diyos. Hindi ka dapat manalangin para lamang sa iyong

sariling kapakanan, kundi dapat ka ring manalangin para masunod ang kalooban ng Diyos at para mahalin Siya. Ito ang pinakatunay na uri ng panalangin. Nagdarasal ka ba para masunod ang kalooban ng Diyos?

Noong araw, hindi ninyo alam kung paano manalangin, at kinaligtaan ninyo ang pagdarasal. Ngayon, kailangan ninyong gawin ang inyong makakaya para sanayin ang sarili ninyo na manalangin. Kung hindi mo kayang magkaroon ng lakas ng loob na mahalin ang Diyos, paano ka nagdarasal? Sinasabi mo: “Diyos ko, walang kakayahan ang puso ko na tunay Kang mahalin. Nais kong mahalin Ka, ngunit wala akong lakas. Ano ang dapat kong gawin? Nawa’y buksan Mo ang aking espirituwal na mga mata at nawa’y antigin ng Iyong Espiritu ang puso ko. Nawa’y loobin Mo, sa pagharap ko sa Iyo, na maitapon ko ang lahat ng negatibo, huwag na akong papigil sa sinumang tao, pangyayari, o bagay, at lubos kong ilantad ang puso ko sa Iyong harapan, at loobin Mo na maihandog ko ang aking buong pagkatao sa Iyong harapan. Paano Mo man ako subukin, handa ako. Ngayon, hindi ko isinasaalang-alang ang aking mga inaasahan sa hinaharap, ni wala ako sa ilalim ng pagkaalipin ng kamatayan. Sa puso kong nagmamahal sa Iyo, nais kong hanapin ang daan ng buhay. Lahat ng bagay, lahat—ay pawang nasa Iyong mga kamay; ang aking kapalaran ay nasa Iyong mga kamay at hawak Mo ang buhay ko mismo sa Iyong mga kamay. Ngayon, hangad kong mahalin Ka, at hayaan Mo man akong mahalin Ka o hindi, paano man manghimasok si Satanas, determinado akong mahalin Ka.” Kapag nakasagupa mo ang isyung ito, manalangin ka nang ganito. Kung magdarasal ka nang ganito araw-araw, unti-unting mag-iibayo ang lakas mong mahalin ang Diyos.

Paano pumapasok ang isang tao sa tunay na panalangin?

Habang nagdarasal, kailangan ay tahimik ang puso mo sa harap ng Diyos, at kailangan kang magkaroon ng pusong tapat. Tunay kang nakikipagngiti at nagdarasal sa Diyos—hindi mo dapat subukang linlangin ang Diyos gamit ang mga salitang magandang pakinggan. Dapat ay nakasentro ang panalangin doon sa nais isakatuparan ng Diyos ngayon mismo. Hilingin mo sa Diyos na pagkalooban ka ng higit na kaliwanagan at pagtanglaw, dalhin ang tunay na mga kalagayan at suliranin mo sa Kanyang presensya kapag nagdarasal ka, pati na ang pagpapasyang ginawa mo sa harap ng Diyos. Ang panalangin ay hindi tungkol sa pagsunod sa pamamaraan; tungkol ito sa paghahanap sa Diyos nang taos-puso. Hilingin mo sa Diyos na protektahan ang puso mo, upang madalas itong maging tahimik sa Kanyang harapan; na sa kapaligiran kung saan ka Niya inilagay, makilala mo ang iyong sarili, kamumuhian mo ang iyong sarili, at tatalikdan mo ang iyong sarili, sa gayon ay magkaroon ka ng normal na ugnayan sa Diyos at tunay na maging isang tao kang nagmamahal sa Diyos.

Ano ang kabuluhan ng panalangin?

Ang panalangin ay isa sa mga paraan kung saan nakikipagtulungan ang tao sa Diyos, ito ay isang paraan ng pagtawag ng tao sa Diyos, at ito ang proseso kung saan inaantig ng Espiritu ng Diyos ang tao. Masasabi na yaong mga hindi nagdarasal ay mga patay na

walang espiritu, na nagpapatunay na wala silang kakayahan na maantig ng Diyos. Kung walang panalangin, imposibleng magkaroon ng normal na espirituwal na buhay, lalong hindi nila masusundan ang gawain ng Banal na Espiritu. Ang hindi pagdarasal ay pagputol ng ugnayan sa Diyos, at magiging imposibleng makamtan ang papuri ng Diyos. Bilang isang mananampalataya sa Diyos, habang lalong nagdarasal ang isang tao, habang lalo siyang inaantig ng Diyos, lalo siyang mapupuno ng kapasyahan at lalo siyang makatatanggap ng bagong kaliwanagan mula sa Diyos. Dahil dito, ang ganitong klaseng tao ay maaaring gawing perpekto ng Banal na Espiritu nang napakabilis.

Ano ang epektong inaasahang makamtan ng panalangin?

Maaaring naisasagawa ng mga tao ang pagdarasal at nauunawaan ang kabuluhan ng panalangin, ngunit ang pagiging mabisa ng panalangin ay hindi isang simpleng bagay. Ang panalangin ay hindi lamang basta makatapos ka, o masunod ang pamamaraan, o mabigkas ang mga salita ng Diyos. Ibig sabihin, ang pagdarasal ay hindi pag-uulit ng ilang salita at paggaya sa iba. Sa panalangin, kailangang marating ng isang tao ang kalagayan kung saan maibibigay niya ang kanyang puso sa Diyos, na binubuksan ang puso niya para maantig ito ng Diyos. Para maging mabisa ang panalangin, dapat itong ibatay sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos. Sa pamamagitan lamang ng pagdarasal mula sa mga salita ng Diyos magagawa ng isang tao na tumanggap ng higit na kaliwanagan at pagtanglaw. Ang mga palatandaan ng isang tunay na panalangin ay: Pagkakaroon ng pusong nasasabik sa lahat ng hinihingi ng Diyos, at bukod pa ryan ay naghahangad na isakatuparan ang Kanyang mga hinihingi; pagkasuklam sa kinasusuklaman ng Diyos at pagkatapos, mula sa pundasyong ito, pagtatamo ng kaunting pagkaunawa tungkol dito, at pagkakaroon ng kaunting kaalaman at kalinawan tungkol sa mga katotohanang ipinaliliwanag ng Diyos. Kapag nagkaroon ng pagpapasya, pananampalataya, kaalaman, at isang landas ng pagsasagawa kasunod ng panalangin, saka lamang ito matatawag na tunay na panalangin, at ang ganitong uri ng panalangin lamang ang maaaring maging mabisa. Subalit kailangang itatag ang panalangin sa pagtatamasa sa mga salita ng Diyos, kailangan itong itatag sa pundasyon ng pakikipagniig sa Diyos sa Kanyang mga salita, at kailangang magawa ng puso na hanapin ang Diyos at maging tahimik sa Kanyang harapan. Ang ganitong uri ng panalangin ay nakapasok na sa yugto ng tunay na pakikipagniig sa Diyos.

Ang pinakamahalagang kaalaman tungkol sa panalangin:

1. Huwag pikit-matang sabihin ang anumang pumasok sa isipan. Kailangan ay may pasanin sa puso mo, ibig sabihin, kailangan ay mayroon kang layunin kapag nagdarasal ka.
2. Ang panalangin ay kailangang maglaman ng mga salita ng Diyos; kailangan ay nakasalig ito sa mga salita ng Diyos.
3. Kapag nagdarasal, hindi mo kailangang ulit-ulitin ang lipas nang mga isyu. Dapat mong iugnay ang iyong mga panalangin sa kasalukuyang mga salita ng Diyos, at kapag nagdarasal ka, sabihin mo sa Diyos ang nasasaloob mo.

4. Ang panalangin ng grupo ay kailangang may isang bagay na pinagtutuunan, na kinakailangan ay ang kasalukuyang gawain ng Banal na Espiritu.
5. Kailangang matutuhan ng lahat ng tao ang panalangin ng pamamagitan. Isang paraan din ito ng pagsasaalang-alang sa kalooban ng Diyos.

Ang buhay ng panalangin ng indibiduwal ay batay sa pagkaunawa sa kabuluhan ng panalangin at sa pangunahing kaalaman tungkol sa panalangin. Sa pang-araw-araw na buhay, kailangang madalas na ipagdasal ang sarili mong mga pagkukulang, ipagdasal na magkaroon ng pagbabago sa iyong disposisyon sa buhay, at magdasal batay sa iyong kaalaman tungkol sa mga salita ng Diyos. Dapat magtatag ang bawat tao ng kanilang sariling buhay ng panalangin, dapat silang manalangin para malaman ang mga salita ng Diyos, at dapat silang manalangin upang maghangad ng kaalaman tungkol sa gawain ng Diyos. Ihayag ang iyong personal na sitwasyon sa harap ng Diyos at magpakatotoo nang hindi nababahala sa paraan ng iyong pagdarasal, at ang pinakamahalaga ay magtamo ng tunay na pagkaunawa, at magtamo ng tunay na karanasan sa mga salita ng Diyos. Ang isang taong nagsisikap na makapasok sa espirituwal na buhay ay kailangang manalangin sa maraming iba't ibang paraan. Tahimik na panalangin, pagbubulay-bulay sa mga salita ng Diyos, pag-alam sa gawain ng Diyos—lahat ng ito ay mga halimbawa ng makabuluhang gawain ng espirituwal na pagbabahagi para makapasok sa normal na espirituwal na buhay, na laging nagpapainam sa mga kalagayan ng isang tao sa harap ng Diyos at nagtutulak sa kanya na mas umunlad sa buhay. Sa madaling salita, lahat ng ginagawa mo, kumakain at umiinom ka man ng mga salita ng Diyos, o tahimik na nagdarasal, o nagpapahayag nang malakas, ay para malinaw mong makita ang mga salita ng Diyos, ang Kanyang gawain, at ang nais Niyang matamo sa iyo. Ang mas mahalaga, lahat ng ginagawa mo ay ginagawa para maabot ang mga pamantayang hinihingi ng Diyos at mas bumuti ang buhay mo. Ang pinakamaliit na hinihingi ng Diyos sa tao ay na magawa niyang buksan ang kanyang puso sa Kanya. Kung ibinibigay ng tao ang kanyang tunay na puso sa Diyos at sinasabi sa Diyos ang tunay na nilalaman ng puso niya, handa ang Diyos na gumawa sa kanya. Ang gusto ng Diyos ay hindi ang baluktot na puso ng tao, kundi ang isang dalisay at tapat na puso. Kung hindi magsasalita ang tao sa Diyos mula sa kanyang puso, hindi aantigin ng Diyos ang kanyang puso o gagawa sa kanya. Kaya naman, ang pinakabuod ng panalangin ay ang kausapin ang Diyos mula sa iyong puso, na sinasabi sa Kanya ang iyong mga pagkukulang o ang tungkol sa iyong mapanghimagsik na disposisyon, ganap na ihinahayag ang iyong sarili sa Kanyang harapan; saka lamang magiging interesado ang Diyos sa iyong mga dalangin, kung hindi, itatago Niya ang Kanyang mukha mula sa iyo. Ang pinakamababang saligan para sa panalangin ay kailangan mong mapanatiling tahimik ang puso mo sa harap ng Diyos, at hindi ito dapat lumayo mula sa Diyos. Maaaring sa panahong ito ay hindi ka nagtatamo ng mas bago o mas mataas na kabatiran, ngunit sa gayon ay kailangan mong manalangin upang mapanatili ang iyong katayuan—hindi ka dapat bumalik sa dati. Ito ang pinakamababang kailangan

mong makamtan. Kung kahit ito ay hindi mo kayang isakatuparan, pinatutunayan nito na ang iyong espirituwal na buhay ay wala sa tamang landas. Dahil dito, hindi mo magagawang kapitan ang una mong pananaw, mawawalan ka ng pananampalataya sa Diyos, at sa bandang huli ay mapapawi ang iyong kapasyahan. Ang isang tanda kung nakapasok ka na sa espirituwal na buhay o hindi pa ay ang tingnan kung ang iyong mga panalangin ay nasa tamang landas. Kailangang pasukin ng lahat ng tao ang realidad na ito; kailangan nilang lahat na sadyang sanayin ang kanilang sarili sa pagdarasal, hindi sa paghihintay nang walang kibo, kundi sadyang hangarin na maantig ng Banal na Espiritu. Saka lamang sila magiging mga tao na tunay na naghahangad sa Diyos.

Kapag nagsimula kang manalangin, huwag kang magmalabis at umasang makamit ang lahat nang sabay-sabay. Hindi ka maaaring humiling nang sobra-sobra, na umaasa na sa sandaling ibuka mo ang iyong bibig ay aantigin ka ng Banal na Espiritu, o na tatanggap ka ng kaliwanagan at pagtanglaw, o na pagkakalooban ka ng Diyos ng biyaya. Hindi mangyayari iyan; hindi gumagawa ang Diyos ng mga bagay na mahimala. Ipinagkakaloob ng Diyos ang mga panalangin ng mga tao sa Kanyang sariling panahon, at kung minsan ay sinusubok Niya ang iyong pananampalataya upang makita kung ikaw ay tapat sa Kanyang harapan. Kapag nagdarasal ka kailangan ay mayroon kang pananampalataya, pagtitiyaga, at pagpapasya. Karamihan sa mga tao, kapag nagsisimula pa lamang silang magsanay, ay pinanghihinaan ng loob dahil hindi sila naaantig ng Banal na Espiritu. Hindi ito maaari! Kailangan kang magtiyaga; kailangan kang magtuon sa pagdama sa pag-antig ng Banal na Espiritu at sa paghahanap at pagsasaliksik. Kung minsan, ang landas ng iyong pagsasagawa ay hindi tama, at kung minsan, ang iyong personal na mga motibo at kuru-kuro ay hindi mo mapanindigan sa harap ng Diyos, kaya hindi ka naaantig ng Espiritu ng Diyos. Sa ibang mga pagkakataon, tinitingnan ng Diyos kung ikaw ay tapat o hindi. Sa madaling salita, sa pagsasanay, dapat kang maglaan ng higit na pagsisikap. Kung matuklasan mo na lumilihis ka ng landas sa iyong pagsasagawa, maaari mong baguhin ang paraan ng iyong pagdarasal. Hangga't taos-puso kang naghahangad at nasasabik na tumanggap, tiyak na dadalhin ka ng Banal na Espiritu sa ganitong realidad. Kung minsan nagdarasal ka nang taos-puso ngunit parang hindi mo nadarama na naantig ka talaga. Sa mga panahong kagaya nito kailangan mong umasa sa pananampalataya, na nagtitiwala na nakabantay ang Diyos sa iyong mga dalangin; kailangan mong magtiyaga sa iyong mga panalangin.

Maging matapat ka; manalangin ka sa Diyos na alisin ang panlilinlang sa puso mo. Dalisayin mo ang iyong sarili sa pamamagitan ng panalangin sa lahat ng oras, maantig ka ng Espiritu ng Diyos sa pamamagitan ng panalangin, at unti-unting magbabago ang iyong disposisyon. Ang tunay na espirituwal na buhay ay isang buhay ng panalangin—ito ay isang buhay na inaantig ng Banal na Espiritu. Ang proseso ng pag-antig ng Banal na Espiritu ay ang proseso ng pagbabago ng disposisyon ng tao. Ang buhay na hindi inaantig ng Banal na Espiritu ay hindi isang espirituwal na buhay, kundi isang buhay lamang ng relihiyosong ritwal. Yaon lamang mga madalas inaantig ng Banal na Espiritu,

at naliliwanagan at tinatanglawan ng Banal na Espiritu, ang nakapasok na sa espirituwal na buhay. Ang disposisyon ng tao ay patuloy na nagbabago habang siya ay nagdarasal. Kapag lalo siyang inaantig ng Espiritu ng Diyos, lalo siyang nagiging aktibo at masunurin. Kaya unti-unti ring madadalisa ang kanyang puso, at unti-unting magbabago ang kanyang disposisyon. Ganyan ang epekto ng tunay na panalangin.

Alamin ang Pinakabagong Gawain ng Diyos at Sumunod sa Kanyang mga Yapak

Sa ngayon, hahangarin ninyo na maging mga tao ng Diyos, at sisimulan ang buong pagpasok sa tamang landas. Ang maging mga tao ng Diyos ay nangangahulugan ng pagpasok sa Kapanahunan ng Kaharian. Sa kasalukuyan, opisyal na ninyong sinisimulan ang pagpasok sa pagsasanay ng kaharian, at ang inyong mga buhay sa hinaharap ay titigil na sa pagiging makupad at pabaya kagaya nang dati; sa gayong pamumuhay, imposibleng maabot ang mga pamantayang hinihingi ng Diyos. Kung hindi ka nakakadama ng anumang pagmamadali, ipinapakita nito na wala kang pagnanais na paunlarin ang iyong sarili, na ang iyong paghahangad ay magulo at nalilito, at ikaw ay walang kakayahan na tuparin ang kalooban ng Diyos. Ang pagpasok sa pagsasanay ng kaharian ay nangangahulugan ng pagsisimula ng buhay ng bayan ng Diyos—nakahanda ka bang tanggapin ang gayong pagsasanay? Nakahanda ka bang makadama ng pagmamadali? Nakahanda ka bang mabuhay sa ilalim ng pagdidisiplina ng Diyos? Nakahanda ka bang mabuhay sa ilalim ng pagkastigo ng Diyos? Kapag ang mga salita ng Diyos ay dumating sa iyo at ikaw ay sinubok, paano ka kikilos? At ano ang iyong gagawin kapag naharap ka sa lahat ng klase ng katunayan? Noong nakaraan, ang iyong pokus ay hindi sa buhay; sa kasalukuyan, dapat kang magtuon sa pagpasok sa realidad ng buhay, at hangarin ang mga pagbabago sa iyong disposisyon sa buhay. Ito ang dapat matamo ng mga tao ng kaharian. Lahat ng tao ng Diyos ay dapat magtaglay ng buhay, dapat nilang tanggapin ang pagsasanay ng kaharian, at hangarin ang mga pagbabago sa kanilang disposisyon sa buhay. Ito ang hinihingi ng Diyos sa mga tao ng kaharian.

Ang mga hinihingi ng Diyos sa mga tao ng kaharian ay ang mga sumusunod:

1. Dapat nilang tanggapin ang mga atas ng Diyos. Ibig sabihin nito, dapat nilang tanggapin ang lahat ng salitang binigkas sa gawain ng Diyos sa mga huling araw.
2. Dapat silang pumasok sa pagsasanay ng kaharian.
3. Dapat nilang hangarin na antigin ng Diyos ang kanilang mga puso. Kapag ang iyong puso ay ganap nang bumaling sa Diyos, at mayroon kang isang normal na espirituwal na buhay, mabubuhay ka sa dako ng kalayaan, na nangangahulugang mabubuhay ka sa ilalim ng pangangalaga at pag-iingat ng pag-ibig ng Diyos. Kapag ikaw ay nabubuhay sa ilalim ng pangangalaga at pag-iingat ng Diyos, saka ka lamang mapapabilang sa Diyos.

4. Dapat silang makamit ng Diyos.

5. Dapat silang maging isang pagpapamalas ng kaluwalhatian ng Diyos sa lupa.

Ang limang puntong ito ay ang Aking mga atas para sa inyo. Ang Aking mga salita ay binibigkas sa bayan ng Diyos, at kung ikaw ay hindi nakahanda na tanggapin ang mga tagubilin na ito, hindi kita pipilitin—ngunit kung tunay mong tinatanggap ang mga iyon, magagawa mo ang kalooban ng Diyos. Sa kasalukuyan, sinisimulan ninyong tanggapin ang mga atas ng Diyos, at hinahangad na maging mga tao ng kaharian at maabot ang mga pamantayang kinakailangan upang maging mga tao ng kaharian. Ito ang unang hakbang ng pagpasok. Kung nais mong ganap na gawin ang kalooban ng Diyos, dapat mong tanggapin ang limang atas na ito, at kung magagawa mong matamo ang mga ito, magiging kaayon ka ng puso ng Diyos at tiyak na mahusay na mapapakinabangan ng Diyos. Ang pinakamahalaga ngayon ay ang pagpasok sa pagsasanay ng kaharian. Kasama sa pagpasok sa pagsasanay ng kaharian ang espirituwal na buhay. Dati, walang pag-uusap ukol sa espirituwal na buhay, ngunit sa kasalukuyan, habang sinisimulan mo ang pagpasok sa pagsasanay ng kaharian, opisyal kang pumapasok sa espirituwal na buhay.

Anong uri ng buhay ang espirituwal na buhay? Ang espirituwal na buhay ay yaong kung saan ang iyong puso ay ganap nang bumaling sa Diyos, at nagagawang isaisip ang pag-ibig ng Diyos. Ito yaong kung saan ay nabubuhay ka sa mga salita ng Diyos, at walang iba pa ang sumasakop sa iyong puso, at nagagawa mong maunawaan ang kalooban ng Diyos sa kasalukuyan, at ginagabayan ka ng liwanag ng Banal na Espiritu ngayon upang matupad ang iyong tungkulin. Ang gayong buhay sa pagitan ng tao at ng Diyos ang espirituwal na buhay. Kung hindi mo nagagawang sundan ang liwanag sa kasalukuyan, isang pagitan ang nabuksan na sa iyong ugnayan sa Diyos—maaari pang naputol na ito—at wala kang isang normal na espirituwal na buhay. Ang isang normal na kaugnayan sa Diyos ay itinatag sa saligan ng pagtanggap sa mga salita ng Diyos ngayon. Mayroon ka bang normal na espirituwal na buhay? Mayroon ka bang isang normal na kaugnayan sa Diyos? Ikaw ba ay isang taong sumusunod sa gawain ng Banal na Espiritu? Kung nagagawa mong sundan ang liwanag ng Banal na Espiritu sa kasalukuyan, at nakakayang maunawaan ang kalooban ng Diyos sa loob ng Kanyang mga salita, at pumasok sa mga salitang ito, ikaw ay isang taong sumusunod sa daloy ng Banal na Espiritu. Kung hindi mo sinusundan ang daloy ng Banal na Espiritu, walang pag-aalinlangan na ikaw ay isang taong hindi hinahangad ang katotohanan. Ang Banal na Espiritu ay walang pagkakataon na makagawa sa kalooban ng mga walang pagnanais na paunlarin ang kanilang mga sarili, at bilang resulta, hindi kailanman magagawa ng gayong mga tao na magkaroon ng lakas, at palagi silang pasibo. Sa kasalukuyan, sinusundan mo ba ang daloy ng Banal na Espiritu? Nasa daloy ka ba ng Banal na Espiritu? Lumabas ka na ba mula sa pagiging pasibo? Lahat niyaong naniniwala sa mga salita ng Diyos, na ginagamit ang gawain ng Diyos bilang saligan, at sinusundan ang liwanag ng Banal na Espiritu sa kasalukuyan—lahat sila ay nasa daloy ng Banal na

Espiritu. Kung naniniwala ka na ang mga salita ng Diyos ay di-mapagkakailang tunay at tama, at kung naniniwala ka sa mga salita ng Diyos anuman ang Kanyang sabihin, ikaw ay isang taong naghahangad na makapasok sa gawain ng Diyos, at sa ganitong paraan ay tinutupad mo ang kalooban ng Diyos.

Upang makapasok sa daloy ng Banal na Espiritu, dapat kang magkaroon ng isang normal na ugnayan sa Diyos, at dapat mo munang alisin sa sarili mo ang iyong pagiging pasibo. Ang ilang tao ay palaging sumusunod sa karamihan, at ang kanilang mga puso ay nalilihis nang napakalayo mula sa Diyos; ang gayong mga tao ay walang pagnanais na paunlarin ang kanilang mga sarili, at ang mga pamantayan na kanilang hinahangad ay masyadong mababa. Ang pagsisikap lamang na ibigin ang Diyos at kamtin ng Diyos ang kalooban ng Diyos. Mayroong mga tao na ginagamit lamang ang kanilang konsensya upang suklian ang pag-ibig ng Diyos, ngunit hindi ito maaaring tumugon sa kalooban ng Diyos; habang lalong tumataas ang mga pamantayan na iyong pinagsisikapan, lalo itong magiging katugma ng kalooban ng Diyos. Bilang isang normal na tao, na naghahangad na mahalin ang Diyos, ang pagpasok sa kaharian upang maging isa sa mga tao ng Diyos ang inyong tunay na hinaharap, at isang buhay na siyang pinakamahalaga at pinakamakabuluhan; walang sinuman ang higit na pinagpala kaysa sa inyo. Bakit Ko sinasabi ito? Sapagkat yaong mga hindi naniniwala sa Diyos ay nabubuhay para sa laman, at sila ay nabubuhay para kay Satanas, ngunit sa kasalukuyan kayo ay nabubuhay para sa Diyos, at nabubuhay upang gawin ang kalooban ng Diyos. Kaya sinasabi Ko na ang inyong mga buhay ang pinakamakabuluhan. Ang grupo lamang ng mga taong ito, na pinili ng Diyos, ang magagawang isabuhay ang isang buhay na pinakamakabuluhan: Walang sino pa man sa lupa ang magagawang isabuhay ang isang buhay na may gayong halaga at kahulugan. Sapagkat kayo ay napili na ng Diyos at itinataas ng Diyos, at, higit pa rito, dahil sa pag-ibig ng Diyos para sa inyo, naunawaan na ninyo ang tunay na buhay, at nalalaman kung paano mamuhay ng isang buhay na siyang pinakamahalaga. Hindi ito dahil sa ang inyong pagsisikap ay mahusay, ngunit dahil sa biyaya ng Diyos; ang Diyos ang nagbukas sa mga mata ng inyong espiritu, at ang Espiritu ng Diyos ang umantig sa inyong puso, binibigyan kayo ng mabuting kapalaran na lumapit sa harap Niya. Kung ang Espiritu ng Diyos ay hindi kayo niliwanagan, hindi ninyo makikita kung ano ang kaibig-ibig tungkol sa Diyos, ni magiging posible para sa inyo na ibigin ang Diyos. Dahil ganap na naantig na ng Diyos ang puso ng mga tao kung kaya ang kanilang mga puso ay nakabaling na sa Diyos. May mga pagkakataon, kapag tinatamasa mo ang mga salita ng Diyos, ang iyong espiritu ay inaantig, at nadarama mo na hindi mo mapigilang ibigin ang Diyos, na mayroong matinding lakas sa kalooban mo, at na walang anumang bagay ang hindi mo maisasantabi. Kung ganito ang nadarama mo, ikaw ay naantig na ng Espiritu ng Diyos, at ang iyong puso ay nakabaling na nang ganap sa Diyos, at mananalangin ka sa Diyos at sasabihing: “O Diyos! Kami ay tunay na itinalaga at pinili Mo. Ang Iyong kaluwalhatian ay nagbibigay sa akin ng karangalan, at nakaluluwalhati para sa akin na maging isa sa Iyong mga tao. Gugugulin ko ang

anumang bagay at ibibigay ang anumang bagay upang gawin ang Iyong kalooban, at ilalaan ko ang lahat ng aking mga taon, at ang habambuhay na pagsisikap, sa Iyo.” Kapag ikaw ay nananalangin sa ganitong paraan, magkakaroon ng walang-katapusang pag-ibig at tunay na pagsunod sa Diyos sa iyong puso. Nagkaroon ka na ba ng isang karanasang kagaya nito? Kung ang mga tao ay madalas antigin ng Espiritu ng Diyos, sila ay lalong nakahanda na ilaan ang kanilang mga sarili sa Diyos sa kanilang mga panalangin: “O Diyos! Nais kong makita ang Iyong araw ng kaluwalhatian, at nais kong mabuhay para sa Iyo—walang anuman ang higit na karapat-dapat o makahulugan kaysa sa mabuhay para sa Iyo, at wala akong taglay ni katiting na pagnanais na mabuhay para kay Satanas at sa laman. Itinataas Mo ako sa pamamagitan ng pagtutulot sa akin na mabuhay para sa Iyo sa kasalukuyan.” Kapag nanalangin ka na sa ganitong paraan, madarama mo na hindi mo mapigilang ibigay ang iyong puso sa Diyos, na dapat mong makamit ang Diyos, at kasusuklaman mong mamatay nang hindi nakakamit ang Diyos habang ikaw ay nabubuhay. Pagkasabi ng gayong panalangin, magkakaroon ng dinauubos na lakas sa kalooban mo, at hindi mo malalaman kung saan ito nagmumula; sa iyong puso ay magkakaroon ng walang-hanggang kapangyarihan, at magkakaroon ng pakiramdam na ang Diyos ay labis na kaibig-ibig, at Siya ay nararapat ibigin. Ito ay kapag naantig ka na ng Diyos. Lahat niyaong nagkaroon na ng gayong karanasan ay naantig na ng Diyos. Para sa kanila na madalas antigin ng Diyos, ang mga pagbabago ay nangyayari sa kanilang mga buhay, nagagawa nilang gawin ang kanilang pagpapasya at nakahandang ganap na kamtin ang Diyos, ang pag-ibig para sa Diyos sa kanilang mga puso ay higit na malakas, ang kanilang mga puso ay ganap nang bumaling sa Diyos, wala silang pagpapahalaga sa pamilya, sa mundo, sa mga kaugnayan, o sa kanilang kinabukasan, at nakahanda silang maglaan ng habambuhay na pagsisikap sa Diyos. Lahat niyaong naantig na ng Espiritu ng Diyos ay mga taong naghahangad sa katotohanan, at mayroong taglay na pag-asa na gagawing perpekto ng Diyos.

Naibaling mo na ba ang iyong puso sa Diyos? Naantig na ba ng Espiritu ng Diyos ang iyong puso? Kung hindi ka pa nagkaroon kailanman ng gayong karanasan, at kung hindi ka pa kailanman nakapanalangin sa gayong paraan, nagpapakita ito na ang Diyos ay walang lugar sa iyong puso. Lahat ng mga ginagabayan ng Espiritu ng Diyos at naantig na ng Espiritu ng Diyos ay nagtataglay ng gawain ng Diyos, na nagpapakita na ang mga salita ng Diyos at ang pag-ibig ng Diyos ay nag-ugat na sa kalooban nila. Sinasabi ng ilang tao: “Hindi ako kasingsigasig mo sa pananalangin ko, ni ako ay masyadong inantig ng Diyos; may mga pagkakataon—kapag ako ay nagbubulay-bulay at nananalangin—nadarama ko na ang Diyos ay kaibig-ibig, at ang aking puso ay inaantig ng Diyos.” Walang higit na mahalaga kaysa sa puso ng tao. Kapag ang iyong puso ay nakabaling na sa Diyos, ang iyong buong pagkatao ay nakabaling na sa Diyos, at sa panahong iyon ang iyong puso ay naantig na ng Espiritu ng Diyos. Karamihan sa inyo ay nagkaroon na ng gayong karanasan—lamang, ang kalaliman ng inyong mga karanasan ay hindi magkakatulad. Sinasabi ng ilang tao: “Hindi ako bumibigkas ng maraming salita

ng panalangin, nakikinig lamang ako sa pakikipaghihiwalay ng iba at umuusbong ang lakas sa kalooban ko.” Nagpapakita ito na naantig na ng Diyos ang kalooban mo. Ang mga tao na naantig na ng Diyos ang kalooban ay inspirado kapag naririnig nila ang pakikipaghihiwalay ng iba; kung ang puso ng isang tao ay nananatiling ganap na hindi naantig kapag nakakarinig sila ng nakakasiglang mga salita, nagpapatunay ito na ang gawain ng Banal na Espiritu ay wala sa kalooban nila. Walang kasabikan sa kalooban nila, na nagpapatunay na wala silang taglay na kapasyahan, at kaya sila ay walang gawain ng Banal na Espiritu. Kung ang isang tao ay naantig na ng Diyos, magkakaroon siya ng reaksiyon kapag naririnig ang mga salita ng Diyos; kung hindi pa siya naantig ng Diyos, hindi pa siya nakibahagi sa mga salita ng Diyos, siya ay walang kaugnayan sa mga iyon, at wala siyang kakayahan na maliwanagan. Yaong mga nakarinig na ng mga salita ng Diyos at hindi nagkaroon ng reaksiyon ay mga tao na hindi pa naantig ng Diyos—sila ay mga tao na hindi taglay ang gawain ng Banal na Espiritu. Lahat yaong nagagawang tanggapin ang bagong liwanag ay inaantig, at tinataglay ang gawain ng Banal na Espiritu.

Sukatin mo ang sarili mo:

1. Nasa gitna ka ba ng kasalukuyang gawain ng Banal na Espiritu?
2. Nakabaling na ba ang iyong puso sa Diyos? Ikaw ba ay naantig na ng Diyos?
3. Nag-ugat na ba ang mga salita ng Diyos sa kalooban mo?
4. Ang iyo bang pagsasagawa ay itinatag sa saligan ng mga hinihingi ng Diyos?
5. Nabubuhay ka ba sa ilalim ng paggabay ng kasalukuyang liwanag ng Banal na Espiritu?
6. Ang puso mo ba ay pinamamahalaan ng mga dating kuru-kuro, o ng mga salita ng Diyos ngayon?

Sa pagkarinig sa mga salitang ito, ano ang reaksiyon sa kalooban ninyo? Yamang naniwala ka na sa loob ng maraming taon, taglay mo ba ang mga salita ng Diyos bilang iyong buhay? Mayroon na bang pagbabago sa iyong dating tiwaling disposisyon? Nalalaman mo ba, alisunod sa mga salita ng Diyos ngayon, kung ano ang magkaroon ng buhay, at kung ano ang hindi magtaglay ng buhay? Ito ba ay malinaw sa inyo? Ang pinakamahalaga sa pagsunod sa Diyos ay na dapat alinsunod ang lahat sa mga salita ng Diyos ngayon: Maging ikaw man ay naghahangad ng pagpasok sa buhay o ng katuparan ng kalooban ng Diyos, ang lahat ay dapat nakasentro sa mga salita ng Diyos ngayon. Kung ang iyong pakikipaghihiwalay at hinahangad ay hindi nakasentro sa mga salita ng Diyos ngayon, isa kang estranghero sa mga salita ng Diyos, at ganap na nawalan ng gawain ng Banal na Espiritu. Ang gusto ng Diyos ay ang mga taong sumusunod sa Kanyang mga yapak. Gaano man kahanga-hanga at kadalisay ang naunawaan mo noon, hindi ito gusto ng Diyos, at kung hindi mo magagawang isantabi ang gayong mga bagay, ang mga ito ay magiging napakalaking hadlang sa iyong pagpasok sa hinaharap. Lahat niyaong nagagawang sumunod sa kasalukuyang liwanag ng Banal na Espiritu ay mga pinagpala. Sinundan din ng mga tao sa mga kapanahunang lumipas ang mga yapak ng Diyos, ngunit hindi sila nakasunod hanggang sa kasalukuyan; ito ang

pagpapala ng mga tao sa mga huling araw. Yaong mga nagagawang sumunod sa kasalukuyang gawain ng Banal na Espiritu, at nagagawang sumunod sa mga yapak ng Diyos, na sumusunod sa Diyos saanman Niya sila akayin—ito ang mga tao na pinagpala ng Diyos. Yaong mga hindi sumusunod sa kasalukuyang gawain ng Banal na Espiritu ay hindi pa nakapasok sa gawain ng mga salita ng Diyos, at gaano man sila gumawa, o gaano man katindi ang kanilang pagdurusa, o gaano man sila magparoo't parito, walang anuman dito ang may kabuluhan sa Diyos, at hindi Niya sila pupurihin. Sa ngayon, lahat niyaong sumusunod sa kasalukuyang mga salita ng Diyos ay nasa daloy ng Banal na Espiritu; yaong mga estranghero sa mga salita ng Diyos ngayon ay nasa labas ng daloy ng Banal na Espiritu, at ang gayong mga tao ay hindi pupurihin ng Diyos. Ang paglilingkod na hiwalay sa kasalukuyang mga pagpapahayag ng Banal na Espiritu ay paglilingkod na mula sa laman, at mula sa mga kuru-kuro, at imposible itong maging alinsunod sa kalooban ng Diyos. Kung ang mga tao ay nabubuhay sa gitna ng mga relihiyosong kuru-kuro, wala silang magagawang anuman na akma sa kalooban ng Diyos, at bagama't naglilingkod sila sa Diyos, naglilingkod sila sa kalagitnaan ng kanilang mga guni-guni at mga kuru-kuro, at ganap na walang kakayahan na maglingkod alinsunod sa kalooban ng Diyos. Hindi nauunawaan niyaong mga hindi nagagawang sundan ang gawain ng Banal na Espiritu ang kalooban ng Diyos, at yaong mga hindi nakauunawa sa kalooban ng Diyos ay hindi maaaring maglingkod sa Diyos. Nais ng Diyos ang paglilingkod na kaayon ng Kanyang sariling puso; ayaw Niya sa paglilingkod na mula sa mga kuru-kuro at sa laman. Kung walang kakayahan ang mga tao na sundan ang mga hakbang ng gawain ng Banal na Espiritu, sila ay nabubuhay sa gitna ng mga kuru-kuro. Ang paglilingkod ng gayong mga tao ay nakakaantala at nakakagambala, at ang gayong paglilingkod ay sumasalungat sa Diyos. Kaya yaong mga hindi nagagawang sundan ang mga yapak ng Diyos ay walang kakayahan na maglingkod sa Diyos; yaong hindi magawang sundan ang mga yapak ng Diyos ay tiyak na tiyak na kinakalaban ang Diyos, at mga walang kakayahan na maging kaayon ng Diyos. Ang “pagsunod sa gawain ng Banal na Espiritu” ay nangangahulugan ng pagkaunawa sa kalooban ng Diyos sa kasalukuyan, ang magawang kumilos alinsunod sa kasalukuyang mga hinihingi ng Diyos, ang magawang sumunod at sundan ang Diyos sa kasalukuyan, at pagpasok alinsunod sa pinakabagong mga pagpapahayag ng Diyos. Tanging ito ang isang tao na sumusunod sa gawain ng Banal na Espiritu at nasa daloy ng Banal na Espiritu. Ang gayong mga tao ay hindi lamang may kakayahan na matanggap ang papuri ng Diyos at makita ang Diyos, kundi malalaman din nila ang disposisyon ng Diyos mula sa pinakabagong gawain ng Diyos, at malalaman din ang mga kuru-kuro at pagsuway ng tao, at kalikasan at diwa ng tao, mula sa Kanyang pinakabagong gawain; bukod dito, nagagawa nilang unti-unting matamo ang mga pagbabago sa kanilang disposisyon sa panahon ng kanilang paglilingkod. Ang mga tao lamang na kagaya nito ang nagagawang kamtin ang Diyos, at tunay na nakasumpong na sa tunay na daan. Ang mga taong inaalis ng gawain ng Banal na Espiritu ay mga tao na walang kakayahan na

sundan ang pinakabagong gawain ng Diyos, at mga naghihimagsik laban sa pinakabagong gawain ng Diyos. Ang gayong mga tao ay hayagang kinakalaban ang Diyos sapagkat ang Diyos ay gumawa ng bagong gawain, at sapagkat ang imahe ng Diyos ay hindi kagaya ng nasa sa kanilang mga kuru-kuro—bilang resulta nito, hayagan nilang kinakalaban ang Diyos at hinuhusgahan ang Diyos, na humahantong na sila ay kasuklaman at tanggihan ng Diyos. Ang pagtataglay ng kaalaman tungkol sa pinakabagong gawain ng Diyos ay hindi madaling bagay, ngunit kung gusto ng mga tao na sundin ang gawain ng Diyos at hangarin ang gawain ng Diyos, magkakaroon sila ng pagkakataon na makita ang Diyos, at magkakaroon ng pagkakataon na kamtin ang pinakabagong paggabay ng Banal na Espiritu. Yaong mga sinasadyang kalabanin ang gawain ng Diyos ay hindi makakatanggap ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu o ng paggabay ng Diyos. Kaya, kung matatanggap man o hindi ng mga tao ang pinakabagong gawain ng Diyos ay nakasalalay sa biyaya ng Diyos, nakasalalay ito sa kanilang paghahangad, at nakasalalay ito sa kanilang mga layunin.

Lahat ng kayang sundin ang kasalukuyang mga pagpapahayag ng Banal na Espiritu ay mga pinagpala. Hindi mahalaga kung paano man sila dati, o kung paano gumawa ang Banal na Espiritu sa kalooban nila dati—yaong mga nagkamit na ng pinakabagong gawain ng Diyos ang mga pinakapinagpala, at yaong hindi nakasusunod sa pinakabagong gawain sa kasalukuyan ay inaalís. Nais ng Diyos yaong kayang tanggapin ang bagong liwanag, at nais Niya yaong tumatanggap at nakakaalam sa Kanyang pinakabagong gawain. Bakit sinasabi na dapat kang maging isang malinis na birhen? Nagagawa ng isang malinis na birhen na hangarin ang gawain ng Banal na Espiritu at maunawaan ang mga bagong bagay, at higit pa rito, nagagawang isantabi ang mga dating kuru-kuro, at sundin ang gawain ng Diyos sa kasalukuyan. Ang grupong ito ng mga tao, na tumatanggap sa pinakabagong gawain sa kasalukuyan, ay mga unang itinalaga ng Diyos bago pa ang mga kapanahunan, at ang mga pinakapinagpala sa lahat ng tao. Naririnig ninyo nang tuwiran ang tinig ng Diyos, at nakikita ang pagpapakita ng Diyos, at kaya, sa kabuuan ng langit at lupa, at sa kabuuan ng mga kapanahunan, walang sinuman ang naging mas pinagpala kaysa sa inyo, ang grupong ito ng mga tao. Ang lahat ng ito ay dahil sa gawain ng Diyos, dahil sa paunang pagtatalaga at pagpili ng Diyos, at dahil sa biyaya ng Diyos; kung hindi sinabi at binigkas ng Diyos ang Kanyang mga salita, maaari kayang ang inyong mga kalagayan ay magiging kagaya ng sa kasalukuyan? Kaya, lahat nawa ng kaluwalhatian at papuri ay mapasa-Diyos, sapagka't ang lahat ng ito ay dahil itinataas kayo ng Diyos. Habang iniisip ang mga bagay na ito, makakapanatili ka pa rin bang pasibo? Hindi pa rin ba makauusbong ang iyong lakas?

Na kaya mong tanggapin ang paghatol, pagkastigo, paghampas, at pagpipino ng mga salita ng Diyos, at, higit pa rito, ay kayang tanggapin ang mga atas ng Diyos, ay unang pagtatalaga ng Diyos bago pa ang mga kapanahunan, at kaya hindi ka dapat masyadong mabagabag kapag ikaw ay kinakastigo. Walang sinuman ang makaaagaw sa gawain na nagawa na sa inyo, at sa mga pagpapala na naipagkaloob na sa inyo, at walang sinuman

ang makaaagaw sa lahat ng mga naibigay na sa inyo. Ang mga tao ng relihiyon ay hindi maihahambing sa inyo. Hindi ninyo taglay ang malaking kahusayan sa Bibliya, at hindi kayo nasasangkapan ng teorya ng relihiyon, ngunit dahil ang Diyos ay gumawa na sa inyo, nagkamit na kayo ng higit sa kaninuman sa kabuuan ng mga kapanahunan—at kaya ito ang inyong pinakamalaking pagpapala. Dahil dito, lalo kayong dapat na maging dedikado sa Diyos, at lalo pang maging tapat sa Diyos. Sapagkat itinataas ka ng Diyos, dapat mong pagtibayin ang iyong mga pagsisikap at dapat ihanda ang iyong tayog na tanggapin ang mga atas ng Diyos. Dapat kang manindigan sa saklaw na ibinigay sa iyo ng Diyos, hangarin ang pagiging isa sa mga tao ng Diyos, tanggapin ang pagsasanay ng kaharian, makamit ng Diyos at sa bandang huli ay maging isang maluwalhating patotoo sa Diyos. Taglay mo ba ang mga kapasyahang ito? Kung taglay mo ang gayong mga kapasyahan, sa huli ay tiyak kang makakamit ng Diyos, at magiging isa kang maluwalhating patotoo sa Diyos. Dapat mong maunawaan na ang pangunahing atas ay ang makamit ng Diyos at maging isang maluwalhating patotoo sa Diyos. Ito ang kalooban ng Diyos.

Ang mga salita ng Banal na Espiritu sa kasalukuyan ay ang mga dinamika ng gawain ng Banal na Espiritu, at ang patuloy na kaliwanagan ng Banal na Espiritu sa tao sa panahong ito ay ang kalakaran ng gawain ng Banal na Espiritu. At ano ang kalakaran sa gawain ng Banal na Espiritu sa kasalukuyan? Ito ay ang pangunguna ng mga tao tungo sa gawain ng Diyos ngayon, at tungo sa isang normal na espirituwal na buhay. Mayroong ilang hakbang sa pagpasok sa isang normal na espirituwal na buhay:

1. Una, dapat mong ibuhos ang iyong puso sa mga salita ng Diyos. Hindi mo dapat hangarin ang mga salita ng Diyos sa nakaraan, at hindi dapat pag-aralan ang mga ito ni ihambing ang mga ito sa mga salita sa kasalukuyan. Sa halip, dapat mong ganap na ibuhos ang iyong puso sa kasalukuyang mga salita ng Diyos. Kung mayroong mga tao na nagnanais pa ring basahin ang mga salita ng Diyos, mga espirituwal na aklat, o iba pang mga tala ng pangangaral mula sa nakaraan, at hindi sumusunod sa mga salita ng Banal na Espiritu ngayon, sila ang pinakahangal sa lahat ng tao; kinamumuhian ng Diyos ang gayong mga tao. Kung nakahanda kang tanggapin ang liwanag ng Banal na Espiritu ngayon, ganap mong ibuhos ang iyong puso sa mga pagpapahayag ng Diyos ngayon. Ito ang unang bagay na dapat mong maabot.
2. Dapat kang manalangin sa saligan ng mga salita na sinabi ng Diyos ngayon, pumasok sa mga salita ng Diyos at makipagngiig sa Diyos, at gawin ang iyong mga pasya sa harap ng Diyos, itinatatag kung anong mga pamantayan ang nais mong hangaring matupad.
3. Dapat mong hangarin ang malalim na pagpasok sa katotohanan sa saligan ng gawain ng Banal na Espiritu sa kasalukuyan. Huwag kang manangan sa lipas nang mga pagpapahayag at mga teorya mula sa nakaraan.
4. Dapat mong hangarin na maantig ng Banal na Espiritu, at pumasok sa mga salita ng Diyos.

5. Dapat mong hangarin ang pagpasok sa landas na nilakaran ng Banal na Espiritu sa kasalukuyan.

At paano mo hinahangad na maantig ng Banal na Espiritu? Ang napakahalagang bagay ay ang mabuhay sa kasalukuyang mga salita ng Diyos, at manalangin sa saligan ng mga hinihingi ng Diyos. Sa pananalangin sa ganitong paraan, tiyak na aantigin ka ng Banal na Espiritu. Kung hindi ka naghahangad batay sa saligan ng mga salita na sinabi ng Diyos ngayon, ito ay walang ibubunga. Dapat kang manalangin, at sabihin: “O Diyos! Ikaw ay aking kinakalaban, at malaki ang aking pagkakautang sa Iyo; masyado akong masuwayin, at hindi kailanman nagagawang mapalugod Ka. O Diyos, hinihiling ko na iligtas Mo ako, nais kong maglingkod sa Iyo hanggang sa kahuli-hulihan, nais kong mamatay para sa Iyo. Hinahatulan Mo ako at kinakastigo ako, at wala akong mga reklamo; Ikaw ay aking kinakalaban at karapat-dapat akong mamatay, upang lahat ng tao ay maaaring makita ang Iyong matuwid na disposisyon sa aking kamatayan.” Kapag nananalangin ka mula sa kaibuturan ng iyong puso sa ganitong paraan, diringgin ka ng Diyos, at gagabayan ka; kung hindi ka nananalangin sa saligan ng mga salita ng Banal na Espiritu ngayon, walang posibilidad na aantigin ka ng Banal na Espiritu. Kung ikaw ay mananalangin alinsunod sa kalooban ng Diyos, at alinsunod sa kung anong gustong gawin ng Diyos sa kasalukuyan, sasabihin mo: “O Diyos! Nais kong tanggapin ang Iyong mga atas at maging tapat sa Iyong mga atas, at nakahanda akong ilaan ang aking buong buhay sa Iyong kaluwalhatian, upang ang lahat ng aking ginagawa ay makaaabot sa mga pamantayan ng mga tao ng Diyos. Nawa’y antigin Mo ang aking puso. Nais ko na liwanagan akong palagi ng Iyong Espiritu, upang ang lahat ng aking ginagawa ay magdulot ng kahihiyan kay Satanas, na sa bandang huli ako ay Iyong makamit.” Kung mananalangin ka sa ganitong paraan, sa paraang nakasentro sa kalooban ng Diyos, walang-pagsalang gagawa sa iyo ang Banal na Espiritu. Hindi mahalaga kung gaano karami ang mga salita sa iyong mga panalangin—ang susi ay kung nauunawaan mo o hindi ang kalooban ng Diyos. Maaaring nagkaroon na kayong lahat ng sumusunod na karanasan: Minsan, habang nananalangin sa isang pagpupulong, ang mga dinamika ng gawain ng Banal na Espiritu ay umaabot sa kanilang kasukdulan, na nagiging sanhi para umusbong ang lakas ng bawat isa. Ang ilang tao ay tumatangis at humahagulgol habang nananalangin, napuspos ng pagsisisi sa harap ng Diyos, at ang ilang tao ay ipinakikita ang kanilang kapasyahan, at gumagawa ng mga panata. Ang gayon ay ang epekto na tatamuhin ng gawain ng Banal na Espiritu. Sa kasalukuyan, napakahalaga na ganap na ibuhos ng lahat ng tao ang kanilang mga puso sa mga salita ng Diyos. Huwag magtuon ng pansin sa mga salita na sinabi noon; kung pinanghahawakan mo pa rin ang kung ano ang dumating noong una, ang Banal na Espiritu ay hindi gagawa sa kalooban mo. Nakikita mo ba kung gaano kahalaga ito?

Nalalaman ba ninyo ang landas na nilakaran ng Banal na Espiritu sa kasalukuyan? Ang ilang punto sa itaas ang tutuparin ng Banal na Espiritu sa kasalukuyan at sa hinaharap; ang mga ito ang landas na tinahak ng Banal na Espiritu, at ang pagpasok na

kailangang hangarin ng tao. Sa iyong pagpasok sa buhay, dapat mong ibuhos man lang ang iyong puso sa mga salita ng Diyos, at magawang tanggapin ang paghatol at pagkastigo ng mga salita ng Diyos; ang iyong puso ay dapat manabik sa Diyos, dapat mong hangarin ang malalim na pagpasok sa katotohanan, at ang mga layunin na hinihingi ng Diyos. Kung tinataglay mo ang ganitong lakas, nagpapakita ito na ikaw ay naantig na ng Diyos, at ang iyong puso ay nagsimula nang bumaling sa Diyos.

Ang unang hakbang sa pagpasok sa buhay ay ang ibuhos mo nang ganap ang iyong puso sa mga salita ng Diyos, at ang ikalawang hakbang ay ang tanggapin na maantig ng Banal na Espiritu. Ano ang epekto na matatamo sa pagtanggap na maantig ng Banal na Espiritu? Ito ay ang magawang manabik, hangarin, at saliksikin ang isang mas malalim na katotohanan, at magawang makipagtulungan sa Diyos sa isang positibong paraan. Sa kasalukuyan, nakikipagtulungan ka sa Diyos, na ang ibig sabihin ay mayroong layunin sa iyong paghahangad, sa iyong mga panalangin, at sa iyong pakikipagniig sa mga salita ng Diyos, at iyong ginagampanan ang iyong tungkulin alinsunod sa mga hinihingi ng Diyos—ito lamang ang pakikipagtulungan sa Diyos. Kung magsasalita ka lamang ukol sa pagtutulot na kumilos ang Diyos, ngunit hindi ka gumagawa ng anumang pagkilos, hindi nananalangin o naghahangad, maaari ba itong tawaging pakikipagtulungan? Kung wala kang taglay na anumang pakikipagtulungan sa iyo, at nawalan ka ng pagsasanay para sa pagpasok na mayroong layunin, hindi ka nakikipagtulungan. Sinasabi ng ilang tao: “Ang lahat ay nakasalalay sa pagtatalaga ng Diyos, lahat ng ito ay ginagawa ng Diyos Mismo; kung hindi ito ginawa ng Diyos, paano pa kaya ng tao?” Ang gawain ng Diyos ay normal, at wala ni katiting na higit sa karaniwan, at sa pamamagitan lamang ng iyong aktibong paghahangad kaya gumagawa ang Banal na Espiritu, sapagkat hindi pinipilit ng Diyos ang tao—dapat mong bigyan ang Diyos ng pagkakataon na gumawa, at kung hindi ka maghahangad o papasok, at kung wala ni katiting na kasabikan sa iyong puso, ang Diyos ay walang pagkakataon na gumawa. Sa anong landas ka makakapaghangad na maantig ng Diyos? Sa pamamagitan ng panalangin at paglapit sa Diyos. Ngunit ang pinakamahalaga, tandaan mo, ito ay dapat sa saligan ng mga salita na sinabi ng Diyos. Kapag ikaw ay madalas na antigin ng Diyos, hindi ka alipin ng laman: Asawa, mga anak, at salapi—walang kakayahan ang lahat ng ito na igapos ka, at nais mo lamang hangarin ang katotohanan at mabuhay sa harap ng Diyos. Sa panahong ito, ikaw ay magiging isang tao na nabubuhay sa dako ng kalayaan.

Ang mga Taong Nagbago Na ang Disposisyon ay Yaong mga Nakapasok Na sa Realidad ng mga Salita ng Diyos

Ang unang hakbang sa landas ng Banal na Espiritu sa tao, bago ang lahat, ay ang ilayo ang puso ng tao sa mga tao, pangyayari, at bagay at ituon sa mga salita ng Diyos, upang maniwala ang puso ng tao na ang mga salita ng Diyos ay ganap na hindi mapagdududahan, at totoo-totoo. Kung naniniwala ka sa Diyos, kailangan mong maniwala sa Kanyang mga salita; kung, pagkaraan ng maraming taon ng pananampalataya sa Diyos, hindi mo pa rin alam ang landas na tinatahak ng Banal na Espiritu, talaga bang sumasampalataya ka? Para magtamo ng isang normal na buhay ng tao—isang normal na buhay ng tao na may normal na kaugnayan sa Diyos—kailangan mo munang maniwala sa Kanyang mga salita. Kung hindi mo pa nagagawa ang unang hakbang ng gawain ng Banal na Espiritu sa mga tao, wala kang pundasyon. Kung hindi mo maunawaan maging ang pinakamabababang prinsipyo, paano mo tatahakin ang landas pasulong? Ang ibig sabihin ng pagtapak sa tamang landas kung saan ginagawang perpekto ng Diyos ang tao ay pagpasok sa tamang landas ng kasalukuyang gawain ng Banal na Espiritu; ang ibig sabihin nito ay pagtapak sa landas na tinatahak ng Banal na Espiritu. Sa ngayon, ang landas na tinatahak ng Banal na Espiritu ay ang kasalukuyang mga salita ng Diyos. Sa gayon, kung tatahak ang mga tao sa landas ng Banal na Espiritu, kailangan niyang sundin, at kainin at inumin, ang kasalukuyang mga salita ng Diyos na nagkatawang-tao. Ang gawaing Kanyang ginagawa ay ang gawain ng mga salita; lahat ay nagsisimula sa Kanyang salita, at lahat ay nakasalig sa Kanyang mga salita, sa Kanyang kasalukuyang mga salita. Pagiging tiyak man tungkol sa Diyos na nagkatawang-tao, o pagkilala sa Diyos na nagkatawang-tao, bawat isa ay nangangailangan ng higit na pagsisikap sa Kanyang mga salita. Kung hindi, walang maisasagawa ang mga tao at walang matitirang anuman sa kanila. Tanging sa pagsalig lamang sa pundasyon ng pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, at sa gayon ay makilala Siya at mapalugod Siya, maaaring unti-unting makabuo ng normal na kaugnayan sa Diyos ang mga tao. Para sa tao, wala nang mas mabuting pakikipagtulungan sa Diyos kaysa sa pagkain at pag-inom ng Kanyang mga salita at pagsasagawa ng mga ito. Sa pamamagitan ng gayong pagsasagawa higit nilang nagagawang manindigan sa kanilang patotoo tungkol sa mga tao ng Diyos. Kapag nauunawaan at nagagawang sundin ng mga tao ang diwa ng kasalukuyang mga salita ng Diyos, nabubuhay sila sa landas ng pagiging nagabayan ng Banal na Espiritu, at nakatahak na sa tamang landas ng pagpeperpekto ng Diyos sa tao. Dati-rati, maaaring matamo ng mga tao ang gawain ng Diyos sa pamamagitan ng paghahangad lamang sa biyaya ng Diyos, o sa paghahangad ng kapayapaan at kagalakan, ngunit iba na ngayon ang mga bagay-bagay. Kung wala ang mga salita ng Diyos na nagkatawang-tao, kung wala ang realidad ng Kanyang mga salita, hindi makakamit ng mga tao ang pagsang-ayon ng Diyos at aalisin silang lahat ng Diyos. Upang magkamit ng normal na

espirituwal na buhay, dapat munang kainin at inumin ng mga tao ang mga salita ng Diyos at isagawa ang mga ito, at pagkatapos, sa pundasyong ito, ay magtatag ng normal na kaugnayan sa Diyos. Paano ka nakikipagtulungan? Paano ka naninindigan sa patotoo tungkol sa mga tao ng Diyos? Paano ka bumubuo ng normal na kaugnayan sa Diyos?

Paano makita kung mayroon kang normal na kaugnayan sa Diyos sa iyong pang-araw-araw na buhay:

1. Naniniwala ka ba sa sariling patotoo ng Diyos?
2. Taos-puso ka bang naniniwala na ang mga salita ng Diyos ay totoo at hindi maaaring magkamali?
3. Isinasagawa mo ba ang Kanyang mga salita?
4. Matapat ka ba sa Kanyang tagubilin? Ano ang ginagawa mo upang maging matapat sa Kanyang tagubilin?
5. Lahat ba ng ginagawa mo ay para mapalugod ang Diyos at maging matapat sa Kanya?

Sa pamamagitan ng mga bagay na nakalista sa itaas, maaari mong suriin kung mayroon kang normal na kaugnayan sa Diyos sa kasalukuyang yugto.

Kung nagagawa mong tanggapin ang tagubilin ng Diyos, tanggapin ang Kanyang pangako, at sundan ang landas ng Banal na Espiritu, ginagampanan mo ang kalooban ng Diyos. Sa iyong kalooban, malinaw ba sa iyo ang landas ng Banal na Espiritu? Sa ngayon, kumikilos ka ba alinsunod sa landas ng Banal na Espiritu? Napapalapit ba ang puso mo sa Diyos? Nais mo bang umagapay sa pinakabagong liwanag ng Banal na Espiritu? Nais mo bang makamit ng Diyos? Nais mo bang maging isang pagpapakita ng kaluwalhatian ng Diyos sa lupa? Mayroon ka bang matibay na pagpapasya na matupad ang hinihingi ng Diyos sa iyo? Kapag sinasambit ang mga salita ng Diyos, kung sa iyong kalooban ay may matibay na pagpapasyang makipagtulungan, at matibay na pagpapasyang palugurin ang Diyos—kung ganito ka mag-isip—nangangahulugan ito na nagkaroon na ng bunga ang mga salita ng Diyos sa puso mo. Kung wala ka ng gayong matibay na pagpapasya, kung wala kang mga mithiing pinagsisikapang matamo, nangangahulugan iyan na hindi pa naaantig ng Diyos ang puso mo.

Kapag opisyal nang nakapasok ang mga tao sa pagsasanay ng kaharian, ang mga iniuutos ng Diyos sa kanila ay mas mataas na. Sa anong aspeto makikita ang mas matataas na utos na ito? Dati-rati, sinabi na walang buhay ang mga tao. Ngayon, naghahangad sila ng buhay, naghahangad silang maging mga tao ng Diyos, makamit ng Diyos, magawang perpekto ng Diyos. Hindi ba mas mataas na antas ito? Sa katunayan, ang mga iniuutos ng Diyos sa mga tao ay mas simple kaysa rati. Hindi hinihingi sa mga tao na maging mga tagapagsilbi, o na mamatay—ang tanging hinihingi sa kanila ay maging mga tao ng Diyos. Hindi ba mas simple iyan? Ang kailangan mo lang gawin ay ialay ang puso mo sa Diyos at magpasakop sa Kanyang patnubay, at lahat ay matutupad. Bakit mo iniisip na napakahirap nito? Mas malinaw ang pagpasok sa buhay na pinag-uusapan ngayon kaysa rati. Noong araw, lito ang mga tao at hindi nila alam

kung ano ang realidad ng katotohanan. Sa katunayan, lahat ng tumutugon kapag naririnig nila ang mga salita ng Diyos, na naliliwanagan at tinatanglawan ng Banal na Espiritu, at tumatanggap, sa harap ng Diyos, ng Kanyang pagpeperpekto at nagbabago ng disposisyon—lahat ng taong ganito ay may buhay. Nais ng Diyos ng mga buhay na nilalang, hindi mga patay na bagay; kung patay ka, wala kang buhay, at hindi ka kakausapin ng Diyos, at lalong hindi ka Niya itataas bilang isa sa Kanyang mga tao. Dahil naitaas ka na ng Diyos, at nakatanggap na ng napakalaking pagpapala mula sa Kanya, ipinapakita nito na kayong lahat ay mga taong may buhay, at ang mga taong may buhay ay nagmumula sa Diyos.

Sa patuloy na pagsisikap na mabago ang disposisyon sa buhay ng isang tao, ang landas ng pagsasagawa ay simple. Sa iyong praktikal na karanasan, kung nagagawa mong sundin ang kasalukuyang mga salita ng Banal na Espiritu at maranasan ang gawain ng Diyos, may kakayahang magbago ang iyong disposisyon. Kung sinusunod mo ang anumang sabihin ng Banal na Espiritu, at hinahanap mo ang anumang sabihin ng Banal na Espiritu, isa kang taong sumusunod sa Kanya, at magkakaroon ng pagbabago sa iyong disposisyon. Nagbabago ang disposisyon ng mga tao sa kasalukuyang mga salita ng Banal na Espiritu; kung lagi kang kumakapit sa dati mong mga karanasan at mga panuntunan noong araw, hindi magbabago ang iyong disposisyon. Kung hinihiling ng mga salita ng Banal na Espiritu sa ngayon na pumasok ang lahat ng tao sa isang buhay ng normal na pagkatao ngunit patuloy kang nakatuon sa mga panlabas na bagay, at nalilito ka tungkol sa realidad at hindi mo ito sineseryoso, isa kang tao na hindi nakaagapay sa gawain ng Banal na Espiritu, isang tao na hindi nakapasok sa landas ng patnubay ng Banal na Espiritu. Kung maaaring magbago ang iyong disposisyon o hindi ay depende sa kung umaagapay ka o hindi sa kasalukuyang mga salita ng Banal na Espiritu at kung mayroon kang tunay na kaalaman o wala. Kaiba ito sa dati ninyong naunawaan. Ang pagbabago sa iyong disposisyon na naunawaan mo dati ay na ikaw, na mabilis manghusga, ay tumigil na sa pagsasalita nang hindi nag-iisip sa pamamagitan ng pagdidisiplina ng Diyos; ngunit isang aspeto lamang ito ng pagbabago. Sa ngayon, ang pinakakritikal na punto ay ang pagsunod sa patnubay ng Banal na Espiritu: Sumunod sa anumang sinasabi ng Diyos, at sundin ang anumang sinasabi Niya. Hindi mababago ng mga tao ang sarili nilang disposisyon; kailangan silang dumaan sa paghatol at pagkastigo, at sa pagdurusa at pagpipino, ng mga salita ng Diyos, o sa pakikitungo, pagdidisiplina, at pagtatabas ng Kanyang mga salita. Pagkatapos noon, saka lamang sila magiging masunurin at matapat sa Diyos, at hindi na magpapadalus-dalos sa pakikitungo sa Kanya. Sa ilalim ng pagpipino ng mga salita ng Diyos nagbabago ang disposisyon ng mga tao. Sa pamamagitan lamang ng paglalantad, paghatol, pagdidisiplina, at pakikitungo ng Kanyang mga salita sila hindi na mangangahas na kumilos nang walang pakundangan kundi sa halip ay magiging matatag at mahinahon sila. Ang pinakamahalagang punto ay na nagagawa nilang magpasakop sa kasalukuyang mga salita ng Diyos, at sa Kanyang gawain, kahit hindi ito nakaayon sa mga kuru-kuro ng

tao, nagagawa nilang isantabi ang mga kuru-kurong ito at maluwag sa loob na magpasakop. Noong araw, ang usapan tungkol sa mga pagbabago sa disposisyon ay pangunahing tumukoy lamang sa pagtalikod sa sarili, pagpapahintulot na magdusa ang laman, pagdidisiplina sa katawan ng isang tao, at pag-aalis sa sarili ng mga makamundong kagustuhan—na isang uri ng pagbabago sa disposisyon. Ngayon, alam ng lahat na ang tunay na pagpapakita ng pagbabago sa disposisyon ay sa pagsunod sa kasalukuyang mga salita ng Diyos at tunay na pagkaalam sa Kanyang bagong gawain. Sa ganitong paraan, maaaring mapawi ang dating pagkaunawa ng mga tao tungkol sa Diyos, na nakulayan ng sarili nilang mga kuru-kuro, at makapagtatamo sila ng tunay na kaalaman at pagsunod sa Diyos—ito lamang ang tunay na pagpapahayag ng isang pagbabago sa disposisyon.

Ang patuloy na pagsisikap ng mga tao na makapasok sa buhay ay batay sa mga salita ng Diyos. Dati-rati, sinabi na lahat ay isinasakatuparan dahil sa Kanyang mga salita, ngunit walang nakakita sa katotohanang ito. Kung papasok ka sa pagdanas ng kasalukuyang hakbang, magiging malinaw ang lahat sa iyo, at magtatatag ka ng isang magandang pundasyon para sa mga pagsubok sa hinaharap. Anuman ang sabihin ng Diyos, magtuon ka lamang sa pagpasok sa Kanyang mga salita. Kapag sinabi ng Diyos na sisimulan Niyang kastiguhin ang mga tao, tanggapin mo ang Kanyang pagkastigo. Kapag hiniling ng Diyos na mamatay ang mga tao, tanggapin mo ang pagsubok na iyon. Kung palagi kang nabubuhay ayon sa Kanyang pinakabagong mga pahayag, sa huli ay gagawin kang perpekto ng mga salita ng Diyos. Habang mas pumapasok ka sa mga salita ng Diyos, mas mabilis kang gagawing perpekto. Bakit Ko hinihiling, sa sunud-sunod na pagbabahagi, na alamin ninyo at pasukin ang mga salita ng Diyos? Kapag patuloy mong pinagsisikapang matamo at maranasan ang mga salita ng Diyos, at pumapasok ka sa realidad ng Kanyang mga salita, saka lamang magkakaroon ng pagkakataon ang Banal na Espiritu na gumawa sa iyo. Samakatuwid, lahat kayo ay mga kalahok sa bawat pamamaraan ng paggawa ng Diyos, at gaano man kayo nagdurusa, sa huli ay tatanggap kayong lahat ng isang “paalaala.” Upang makamtan ang inyong panghuling pagpeperpekto, kailangan ninyong pumasok sa lahat ng salita ng Diyos. Ang pagpeperpekto ng Banal na Espiritu sa mga tao ay hindi pang-isahan; hinihingi Niyang makipagtulungan ang mga tao, kailangan Niya ang lahat na sadyang makipagtulungan sa Kanya. Anuman ang sabihin ng Diyos, magtuon lamang sa pagpasok sa Kanyang mga salita—magiging mas kapaki-pakinabang ito sa inyong buhay. Lahat ay para magkaroon ng pagbabago sa inyong disposisyon. Kapag pumasok ka sa mga salita ng Diyos, aantigin Niya ang puso mo, at magagawa mong malaman ang lahat ng nais ng Diyos na matupad sa hakbang na ito ng Kanyang gawain, at magkakaroon ka ng matibay na pagpapasya na tuparin ito. Sa panahon ng pagkastigo, may mga taong naniwala na ito ay isang pamamaraan ng gawain, at hindi sila naniwala sa mga salita ng Diyos. Dahil dito, hindi sila sumailalim sa pagpipino, at lumabas mula sa panahon ng pagkastigo na walang anumang napala o naunawaan. May ilan na talagang pumasok sa mga salitang

ito nang wala ni katiting na pagdududa, na nagsabi na ang mga salita ng Diyos ang katotohanang hindi maaaring magkamali at na dapat kastiguhin ang sangkatauhan. Nahirapan sila roon sa loob ng kaunting panahon, pinakakawalan ang kanilang kinabukasan at kanilang tadhana, at paglabas nila, nagkaroon ng kaunting pagbabago sa kanilang disposisyon, at nagtamo sila ng mas malalim na pagkaunawa tungkol sa Diyos. Nadama ng lahat ng nakastigo ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos at natanto nila na ang hakbang na ito ng gawain ay sumasagisag sa dakilang pagmamahal ng Diyos na sumasakanila, na ito ang paglupig at pagliligtas ng pagmamahal ng Diyos. Sinabi rin nila na ang mga iniisip ng Diyos ay palaging mabuti, at na lahat ng ginagawa ng Diyos sa tao ay dahil sa pagmamahal, hindi sa pagkamuhi. Yaong mga hindi naniwala sa mga salita ng Diyos, hindi umasa sa Kanyang mga salita, ay hindi sumailalim sa pagpipino sa panahon ng pagkastigo, at dahil dito, hindi sumakanila ang Banal na Espiritu, at wala silang napala. Para sa mga pumasok sa panahon ng pagkastigo, bagama't sumailalim nga sila sa pagpipino, lihim na gumagawa ang Banal na Espiritu sa kanilang kalooban, at nabago ang disposisyon nila sa buhay dahil dito. Tila ang ilan, paano man tingnan, ay napakapositibo, puno ng saya buong araw, ngunit hindi sila pumasok sa kalagayan ng pagpipino ng mga salita ng Diyos at kaya ni hindi man lang nagbago, na siyang naging bunga ng hindi paniniwala sa mga salita ng Diyos. Kung hindi mo pinaniniwalaan ang mga salita ng Diyos, hindi gagawa sa iyo ang Banal na Espiritu. Nagpapakita ang Diyos sa lahat ng naniniwala sa Kanyang mga salita, at yaong naniniwala at tumatanggap sa Kanyang mga salita ay makakamtan ang Kanyang pagmamahal!

Para makapasok sa realidad ng mga salita ng Diyos, dapat mong hanapin ang landas ng pagsasagawa at alamin kung paano isagawa ang mga salita ng Diyos. Saka lamang magkakaroon ng pagbabago sa iyong disposisyon sa buhay, mapeperpekto ka ng Diyos sa pamamagitan lamang ng landas na ito, at ang mga tao lamang na nagawang perpekto ng Diyos sa ganitong paraan ang maaaring makaayon sa Kanyang kalooban. Para makatanggap ng bagong liwanag, kailangan mong mamuhay ayon sa Kanyang mga salita. Hindi maaaring maantig lamang nang minsanan ng Banal na Espiritu—kailangan mong maging mas marubdob. Para sa mga minsan lamang naantig, napukaw lamang ang kanilang kasigasigan, at nais nilang maghanap, ngunit hindi ito maaaring magtagal; kailangan silang patuloy na antigin ng Banal na Espiritu. Maraming beses Kong nabanggit dati na inaasam Ko na maantig ng Espiritu ng Diyos ang espiritu ng mga tao, upang patuloy nilang sikaping baguhin ang kanilang disposisyon sa buhay, at habang naghahangad silang maantig ng Diyos, ay maunawaan nila ang sarili nilang mga kakulangan, at sa proseso ng pagdanas sa Kanyang mga salita ay maitakwil nila ang mga karumihan sa kanilang sarili (pagmamagaling, kayabangan, mga kuru-kuro, at iba pa). Huwag ninyong isipin na sapat na ang maging maagap sa pagtanggap ng bagong liwanag—kailangan din ninyong itakwil ang lahat ng negatibo. Sa isang banda, kailangan ninyong pumasok mula sa isang positibong aspeto, at sa kabilang banda, kailangan ninyong alisin sa inyong sarili ang lahat ng marumi mula sa negatibong aspeto. Kailangan mong patuloy

na suriin ang iyong sarili upang makita kung aling maruruming bagay ang umiiral pa rin sa iyong kalooban. Ang mga relihiyosong kuru-kuro ng sangkatauhan, ang mga layon, pag-asam, pagmamagaling, at kayabangan ay pawang maruruming bagay. Suriin mo ang sarili mo, at ikumpara ang lahat sa lahat ng salita ng paghahayag ng Diyos, upang makita kung aling mga relihiyosong kuru-kuro ang mayroon ka. Kapag tunay mong kinikilala ang mga ito, saka mo lamang maitatakwil ang mga ito. Sinasabi ng ilang tao: “Sapat na ngayon na sundan lamang ang liwanag ng kasalukuyang gawain ng Banal na Espiritu. Hindi na kailangang pagkaabalahan ang iba pa.” Kaya lang, kapag nangingibabaw ang iyong mga relihiyosong kuru-kuro, paano mo aalisin ang mga ito? Palagay mo ba madaling sundin ang mga salita ng Diyos ngayon? Kung mayroon kang relihiyon, maaaring magkaroon ng mga pagkagambala mula sa iyong mga relihiyosong kuru-kuro at sa tradisyonal na mga teoryang teolohikal na nasa puso mo, at kapag nangingibabaw ang mga bagay na ito, nakakasagabal ito sa pagtanggap mo sa mga bagong bagay. Lahat ng ito ay mga tunay na problema. Kung ang patuloy mo lamang pagsisikapang matamo ay ang kasalukuyang mga salita ng Banal na Espiritu, hindi mo matutupad ang kalooban ng Diyos. Kasabay ng patuloy mong pagsisikap na mahanap ang kasalukuyang liwanag ng Banal na Espiritu, dapat mong kilalanin kung aling mga kuru-kuro at layon ang kinikimkim mo, at kung anong pagmamagaling ng tao ang mayroon ka, at kung aling mga pag-uugali ang masuwayin sa Diyos. At pagkatapos mong makilala ang lahat ng bagay na ito, kailangan mong itakwil ang mga ito. Ang paggawa sa iyong talikdan ang dati mong mga kilos at pag-uugali ay pawang para tulutan kang masunod ang mga salitang sinasambit ngayon ng Banal na Espiritu. Ang pagbabago sa disposisyon, sa isang banda, ay nakakamtan sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos, at sa kabilang banda naman, nangangailangan ito ng pakikipagtulungan ng sangkatauhan. Mayroong gawain ng Diyos at mayroon ding pagsasagawa ng tao, at parehong kailangang-kailangan ang mga ito.

Sa landas ng iyong paglilingkod sa hinaharap, paano mo matutupad ang kalooban ng Diyos? Ang isang mahalagang punto ay ang patuloy na sikaping makapasok sa buhay, patuloy na sikaping magkaroon ng pagbabago sa disposisyon, at patuloy na sikaping mas lalong makapasok sa katotohanan—ito ang landas tungo sa pagtatamo ng pagpeperpekto at pagiging nakamit ng Diyos. Lahat kayo ay tumatanggap ng tagubilin ng Diyos, ngunit anong klaseng tagubilin? Nauugnay ito sa susunod na hakbang ng gawain; ang susunod na hakbang ng gawain ay magiging mas dakilang gawaing isinasagawa sa buong sansinukob, kaya ngayon, dapat ninyong patuloy na sikaping baguhin ang inyong disposisyon sa buhay, upang sa hinaharap ay talagang maging patunay kayo ng pagtatamo ng Diyos ng kaluwalhatian sa pamamagitan ng Kanyang gawain, na gagawin kayong mga uliran para sa Kanyang gawain sa hinaharap. Ang patuloy na pagsisikap ngayon ay lubos na para sa paglalatatag ng pundasyon para sa gawain sa hinaharap, upang gamitin kayo ng Diyos at makapagpatotoo kayo sa Kanya. Kung gagawin mo itong mithiin ng iyong paghahangad, makakamit mo ang presensya

ng Banal na Espiritu. Kapag mas mataas ang itinatakda mong mithiin ng iyong patuloy na pagsisikap, mas magagawa kang perpekto. Kapag mas patuloy mong pinagsisikapang matamo ang katotohanan, mas gumagawa ang Banal na Espiritu. Kapag mas masigla ka sa iyong patuloy na pagsisikap, mas marami kang mapapala. Pineperpekto ng Banal na Espiritu ang mga tao ayon sa panloob nilang kalagayan. Sinasabi ng ilang tao na hindi sila handang gamitin ng Diyos o gawin Niyang perpekto, na nais lamang nilang manatiling ligtas ang kanilang laman at hindi dumanas ng anumang kamalasan. Ang ilang tao ay ayaw pumasok sa kaharian subalit handang bumaba sa walang hanggang kalaliman. Kung gayon, ipagkakaloob din ng Diyos ang iyong nais. Anuman ang iyong hinahangad, papangyarihin iyon ng Diyos. Kaya ano ang hinahangad mo sa ngayon? Iyon ba ay ang magawang perpekto? Ang kasalukuyan mo bang mga kilos at pag-uugali ay para magawang perpekto ng Diyos at makamit Niya? Kailangan mong palagiang sukatin ang iyong sarili sa ganitong paraan sa iyong pang-araw-araw na buhay. Kung buong puso mong patuloy na pinagsisikapang makamitan ang isang mithiin, tiyak na gagawin kang perpekto ng Diyos. Gayon ang landas ng Banal na Espiritu. Ang landas kung saan ginagabayan ng Banal na Espiritu ang mga tao ay nakakamit sa pamamagitan ng kanilang paghahangad. Kapag mas nauuhaw kang magawang perpekto at makamit ng Diyos, mas gagawa ang Banal na Espiritu sa iyong kalooban. Kapag mas bigo kang magsikap, at mas negatibo ka at bumabalik sa dati, mas pinagkakaitan mo ang Banal na Espiritu ng mga pagkakataong gumawa; habang lumalaon, pababayaang ka ng Banal na Espiritu. Nais mo bang magawang perpekto ng Diyos? Nais mo bang makamit ng Diyos? Nais mo bang kasangkapanin ka ng Diyos? Dapat ninyong patuloy na sikapin ang lahat para magawa kayong perpekto, makamit, at kasangkapanin ng Diyos, upang makita ng sansinukob at ng lahat ng bagay ang mga kilos ng Diyos na nakikita sa inyo. Kayo ang panginoon ng lahat ng bagay, at sa gitna ng lahat ng naroroon, hahayaan ninyong matamasa ng Diyos ang patotoo at kaluwalhatian sa pamamagitan ninyo—patunay ito na kayo ang pinakamapalad sa lahat ng henerasyon!

Tungkol sa Pagpapatahimik sa Puso Mo sa Harap ng Diyos

Wala nang mas mahalagang hakbang sa pagpasok sa mga salita ng Diyos kaysa sa pagpapatahimik sa puso mo sa Kanyang presensya. Isang aral ito na kailangang-kailangang pasukin ng lahat ng tao sa kasalukuyan. Ang mga landas sa pagpasok sa pagpapatahimik sa puso mo sa harap ng Diyos ay ang mga sumusunod:

1. Ilayo mo ang puso mo sa mga bagay na walang kinalaman sa iyo. Pumayapa sa harap ng Diyos, at ituon ang iyong buong pansin sa pagdarasal sa Diyos.
2. Habang payapa ang puso mo sa harap ng Diyos, kainin, inumin, at tamasahin ang mga salita ng Diyos.

3. Pagmunihan at pagbulayan ang pag-ibig ng Diyos at pagnilayan ang gawain ng Diyos sa puso mo.

Una, magsimula sa aspeto ng pagdarasal. Tumutok sa pagdarasal at sa itinakdang mga oras. Gaano ka man kagipit sa oras, o gaano ka man kaabala sa trabaho, o anuman ang dumating sa iyo, manalangin araw-araw nang normal, at kumain at uminom ng mga salita ng Diyos nang normal. Hangga't kinakain at iniinom mo ang mga salita ng Diyos, anuman ang iyong kapaligiran, masisiyahan nang husto ang iyong espiritu, at hindi ka gagambalain ng mga tao, pangyayari, o bagay sa iyong paligid. Kapag malimit mong binubulay-bulay ang Diyos sa puso mo, hindi ka magagambala ng nangyayari sa labas. Ito ang kahulugan ng pagkakaroon ng tayog. Magsimula sa pagdarasal: Ang pagdarasal nang tahimik sa harap ng Diyos ay napakamabunga. Pagkatapos noon, kainin at inumin ang mga salita ng Diyos, hanapin ang liwanag sa mga salita ng Diyos sa pamamagitan ng pagninilay sa mga ito, hanapin ang landas ng pagsasagawa, alamin ang layunin ng Diyos sa pagbigkas ng Kanyang mga salita, at unawain ang mga ito nang walang paglihis. Karaniwan, dapat ay normal para sa iyo ang mapalapit sa Diyos sa puso mo, na pagbulayan ang pag-ibig ng Diyos at pagnilayan ang mga salita ng Diyos, nang hindi nagagambala ng mga nangyayari sa labas. Kapag nagkamit na ang puso mo ng kaunting kapayapaan, makakapag-isip-isip ka nang tahimik at, sa iyong kalooban, mapagbubulay-bulayan mo ang pag-ibig ng Diyos at tunay kang mapapalapit sa Kanya, anuman ang iyong kapaligiran, hanggang sa huli ay marating mo ang punto kung saan nag-uumapaw ang papuri sa puso mo, at mas mabuti pa iyan kaysa pagdarasal. Pagkatapos ay magtataglay ka ng isang tiyak na tayog. Kung matatamo mo ang mga kalagayang inilarawan sa itaas, magiging patunay iyan na tunay na payapa ang puso mo sa harap ng Diyos. Ito ang unang mahalagang leksyon. Pagkatapos mapayapa ang mga tao sa harap ng Diyos, saka lamang sila maaantig ng Banal na Espiritu, at maliliwanagan at pagliliwanagin ng Banal na Espiritu, at saka lamang nila tunay na makakaniig ang Diyos, at mauunawaan ang kalooban ng Diyos at ang patnubay ng Banal na Espiritu. Sa gayon ay nakapasok na sila sa tamang landas sa kanilang espirituwal na buhay. Kapag lumalim na nang kaunti ang pagsasanay nilang mabuhay sa harap ng Diyos, at nagagawa nilang talikdan ang kanilang sarili, kasuklaman ang kanilang sarili, at mamuhay ayon sa mga salita ng Diyos, tunay na payapa ang kanilang puso sa harap ng Diyos. Ang magawang kasuklaman ang sarili, isumpa ang sarili, at talikdan ang sarili ang epektong nakamit ng gawain ng Diyos, at hindi ito magagawang mag-isa ng mga tao. Sa gayon, ang pagsasagawa na patahimikin ang puso ng isang tao sa harap ng Diyos ay isang leksyon na dapat pasukin kaagad ng mga tao. Para sa ilang tao, karaniwan ay hindi lamang sila hindi mapayapa sa harap ng Diyos, kundi hindi pa nila mapatahimik ang kanilang puso sa harap ng Diyos kahit habang nagdarasal. Kulang na kulang ito sa mga pamantayan ng Diyos! Kung hindi mapayapa ang puso mo sa harap ng Diyos, maaantig ka ba ng Banal na Espiritu? Kung hindi ka mapayapa sa harap ng Diyos, malamang na magambala ka kapag may dumaan, o kapag nag-uusap ang

iba, at maaaring mapalayo ang isipan mo kapag may ginagawa ang iba, kaya hindi ka nabubuhay sa presensya ng Diyos. Kung talagang payapa ang puso mo sa harap ng Diyos, hindi ka magagambala ng anumang nangyayari sa mundo sa labas, o maaabala ng sinumang tao, pangyayari, o bagay. Kung may pagpasok ka rito, ang mga negatibong kalagayang iyon at lahat ng negatibong bagay—mga kuru-kuro ng tao, pilosopiya para sa pamumuhay, abnormal na ugnayan sa mga tao, at mga ideya at kaisipan, at iba pa—ay natural na maglalaho. Dahil palagi mong pinagninilayan ang mga salita ng Diyos, at palagi mong inilalapit ang puso mo sa Diyos at lagi kang abala sa kasalukuyang mga salita ng Diyos, ang mga negatibong bagay na iyon ay mawawala sa iyo nang hindi mo namamalayan. Kapag abala ka sa mga bago at positibong bagay, mawawalan ng puwang ang mga negatibo at lumang bagay, kaya huwag mong pansinin ang mga negatibong bagay na iyon. Hindi mo kailangang sikaping pigilan ang mga ito. Dapat kang magtuon sa pagiging payapa sa harap ng Diyos, kumain, uminom, at tamasahin ang mga salita ng Diyos hangga't kaya mo, umawit ng mga himno ng papuri sa Diyos hangga't kaya mo, at bigyan ng pagkakataon ang Diyos na gawaan ka, dahil gusto ng Diyos ngayon na personal na gawing perpekto ang sangkatauhan, at gusto Niyang matamo ang puso mo; inaantig ng Kanyang Espiritu ang puso mo at kung, sa pagsunod sa patnubay ng Banal na Espiritu, nabubuhay ka sa presensya ng Diyos, mapapalugod mo ang Diyos. Kung papansinin mo ang pamumuhay ayon sa mga salita ng Diyos at higit kang makikibahagi tungkol sa katotohanan upang magtamo ng kaliwanagan at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu, maglalahong lahat yaong mga relihiyosong kuru-kuro at ang iyong pagmamagaling at pagpapahalaga sa sarili, at malalaman mo kung paano gugulin ang sarili mo para sa Diyos, paano mahalin ang Diyos, at paano palugurin ang Diyos. At hindi mo mamamalayan, yaong mga bagay na walang kinalaman sa Diyos ay lubusang mapaparam mula sa iyong kamalayan.

Ang pagninilay at pagdarasal tungkol sa mga salita ng Diyos habang kumakain at umiinom ng Kanyang kasalukuyang mga salita ang unang hakbang sa pagiging payapa sa harap ng Diyos. Kung kaya mong tunay na mapayapa sa harap ng Diyos, sasamahan ka ng kaliwanagan at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu. Lahat ng espirituwal na buhay ay nakakamtan sa pamamagitan ng pagiging payapa sa presensya ng Diyos. Sa pagdarasal, kailangan mong maging payapa sa harap ng Diyos, at saka ka lamang maaantig ng Banal na Espiritu. Kapag payapa ka sa harap ng Diyos kapag ikaw ay kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, maaari kang liwanagan at paliwanagin, at magkakaroon ka ng tunay na pagkaunawa sa mga salita ng Diyos. Sa iyong karaniwang mga pagmumuni-muni at pakikibahagi at paglapit sa Diyos sa puso mo, kapag napayapa ka sa presensya ng Diyos, matatamasa mo ang tunay na pagiging malapit sa Diyos, magkakaroon ka ng tunay na pagkaunawa sa pag-ibig ng Diyos at sa Kanyang gawain, at magpapakita ka ng tunay na pagkamaalalahanin at malasakit sa mga layon ng Diyos. Habang mas karaniwan kang napapayapa sa harap ng Diyos, mas paliliwanagin ka at mas mauunawaan mo ang iyong sariling tiwaling disposisyon, kung ano ang kulang sa

iyong, kung ano ang dapat mong pasukin, kung saang katungkulan ka dapat maglingkod, at kung nasaan ang mga depekto mo. Lahat ng ito ay natatamo sa pagiging payapa sa presensya ng Diyos. Kung tunay mong napapalalim ang iyong kapayapaan sa harap ng Diyos, mauunawaan mo ang ilang hiwaga ng espiritu, mauunawaan kung ano ang gusto ng Diyos na isagawa sa iyo sa kasalukuyan, mauunawaan nang mas malalim ang mga salita ng Diyos, mauunawaan ang kaibuturan ng mga salita ng Diyos, ang diwa ng mga salita ng Diyos, ang kabuuan ng mga salita ng Diyos, at makikita mo ang landas ng pagsasagawa nang mas malinaw at tumpak. Kung bigo kang magkamit ng sapat na lalim sa pagiging payapa sa iyong espiritu, maaantig ka lamang nang kaunti ng Banal na Espiritu; madarama mo na lumakas ang loob mo at makadarama ka ng kaunting kasiyahan at kapayapaan, ngunit hindi higit na lalalim ang pagkaunawa mo sa anumang bagay. Nasabi Ko na noon: Kung hindi gagamitin ng mga tao ang buong lakas nila, mahihirapan silang marinig ang Aking tinig o makita ang Aking mukha. Tumutukoy ito sa pagkakaroon ng malalim na kapayapaan sa harap ng Diyos, at hindi sa paimbabaw na mga pagsisikap. Ang isang tao na talagang kayang pumayapa sa presensya ng Diyos ay nagagawang palayain ang kanilang sarili mula sa lahat ng makamundong ugnayan, at maangkin ng Diyos. Lahat ng walang kakayahang pumayapa sa presensya ng Diyos ay tiyak na buktot at hindi masawata. Lahat ng may kakayahang pumayapa sa harap ng Diyos ay yaong mga banal sa harap ng Diyos, at nasasabik sa Diyos. Yaon lamang mga payapa sa harap ng Diyos ang nagpapahalaga sa buhay, nagpapahalaga sa pakikisama sa espiritu, nauuhaw sa mga salita ng Diyos, at naghahangad na matamo ang katotohanan. Sinumang hindi nagpapahalaga sa pagiging payapa sa harap ng Diyos at hindi isinasagawang pumayapa sa harap ng Diyos ay hambog at mapagpaimbabaw, nakakapit sa mundo at walang buhay; kahit sabihin pa nila na naniniwala sila sa Diyos, sabi lang nila iyon. Yaong mga pinerpekto ng Diyos sa huli at ginagawang ganap ay mga taong kayang pumayapa sa Kanyang presensya. Samakatuwid, yaong mga payapa sa harap ng Diyos ay binibiyayaan ng mga dakilang pagpapala. Ang mga taong bihirang gumugugol ng oras na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos sa buong maghapon, na abalang-abala sa mga bagay na walang kinalaman sa kanila at kakatiting ang pagpapahalaga sa pagpasok sa buhay—mapagkunwari silang lahat na walang pag-asang lumago sa hinaharap. Yaong mga kayang pumayapa sa harap ng Diyos at tunay na makipagniig sa Diyos ang mga tao ng Diyos.

Para makaharap sa Diyos upang tanggapin ang Kanyang mga salita bilang buhay mo, kailangan mo munang mapayapa sa harap ng Diyos. Kapag payapa ka sa harap ng Diyos, saka ka lamang liliwanagan at bibigyan ng kaalaman ng Diyos. Kapag mas payapa ang mga tao sa harap ng Diyos, mas nagagawa nilang tumanggap ng kaliwanagan at pagpapalinaw ng Diyos. Kinakailangan ng mga tao na magkaroon ng kabanalan at pananampalataya sa lahat ng ito; sa gayong paraan lamang sila mapeperpekto. Ang pangunahing leksyon sa pagpasok sa espirituwal na buhay ay ang mapayapa sa presensya ng Diyos. Kung payapa ka sa presensya ng Diyos, saka

lamang magiging epektibo ang lahat ng iyong espirituwal na pagsasanay. Kung hindi kaya ng puso mo na pumayapa sa harap ng Diyos, hindi mo matatanggap ang gawain ng Banal na Espiritu. Kung payapa ang puso mo sa harap ng Diyos anuman ang ginagawa mo, isa kang taong nabubuhay sa presensya ng Diyos. Kung payapa ang puso mo sa harap ng Diyos at napapalapit sa Diyos anuman ang ginagawa mo, patunay ito na isa kang taong payapa sa harap ng Diyos. Kung nasasabi mo, habang nakikipag-usap ka sa iba, o naglalakad, na “Ang puso ko ay napapalapit sa Diyos, at hindi nakatuon sa mga bagay na nangyayari sa labas, at kaya kong pumayapa sa harap ng Diyos,” isa kang taong payapa sa harap ng Diyos. Huwag kang makisali sa anumang bagay na umaakit sa puso mo sa mga bagay na walang kinalaman sa iyo, o sa mga taong inilalayo ang puso mo sa Diyos. Anuman ang makakagambala sa puso mo mula sa pagiging malapit sa Diyos, isantabi ito, o layuan ito. Mas malaki ang pakinabang nito sa buhay mo. Ngayon mismo ang panahon para sa dakilang gawain ng Banal na Espiritu, ang panahon kung kailan personal na ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao. Kung, sa sandaling ito, hindi ka maaaring pumayapa sa harap ng Diyos, hindi ka isang tao na babalik sa harap ng luklukan ng Diyos. Kung naghahangad ka ng mga bagay maliban sa Diyos, walang paraan para maperpekto ka ng Diyos. Yaong mga nakakarinig sa gayong mga pagbigkas mula sa Diyos subalit hindi mapayapa sa Kanyang harapan ngayon ay mga taong hindi nagmamahal sa katotohanan at hindi nagmamahal sa Diyos. Kung hindi mo ihahandog ang iyong sarili sa sandaling ito, ano pa ang hinihintay mo? Ang ihandog ang sarili ay ang patahimikin ang puso ng isang tao sa harap ng Diyos. Iyan ang tunay na paghahandog. Sinumang tunay na naghahandog ng kanilang puso sa Diyos ngayon ay tiyak na gagawing ganap ng Diyos. Walang anuman, anuman ito, na maaaring gumambala sa iyo; para tabasan ka man o pakitunguhan ka, o masiphayo ka man o mabigo, dapat ay palaging payapa ang puso mo sa harap ng Diyos. Paano ka man tratuhin ng mga tao, dapat pumayapa ang puso mo sa harap ng Diyos. Anuman ang sitwasyong kinakaharap mo—nahihirapan ka man, nagdurusa, inuusig, o iba pang mga pagsubok—dapat ay laging payapa ang puso mo sa harap ng Diyos; gayon ang mga landas para maperpekto. Kapag tunay kang payapa sa harap ng Diyos, saka lamang magiging malinaw sa iyo ang kasalukuyang mga salita ng Diyos. Sa gayon ay maisasagawa mo nang mas tama at walang paglihis ang pagpapalinaw at kaliwanagan ng Banal na Espiritu, mauunawaan nang mas malinaw ang mga layon ng Diyos na magbibigay ng mas malinaw na direksyon sa iyong paglilingkod, mauunawaan nang mas tumpak ang pagkilos at patnubay ng Banal na Espiritu, at matitiyak na mabuhay sa ilalim ng patnubay ng Banal na Espiritu. Gayon ang mga epektong nakakamit ng tunay na pagiging payapa sa harap ng Diyos. Kapag ang mga tao ay hindi malinaw tungkol sa mga salita ng Diyos, walang landas para magsagawa, bigong mauunawaan ang mga layon ng Diyos, o walang mga prinsipyo ng pagsasagawa, ito ay dahil hindi payapa ang kanilang puso sa harap ng Diyos. Ang layunin ng pagiging payapa sa harap ng Diyos ay upang maging masugid at praktikal,

at maghangad ng kawastuhan at kalinawan sa mga salita ng Diyos, at sa huli ay maunawaan ang katotohanan at makilala ang Diyos.

Kung ang puso mo ay hindi madalas na payapa sa harap ng Diyos, walang paraan ang Diyos para magawa kang perpekto. Ang kawalan ng paninindigan ay kawalan ng puso, at ang isang taong walang puso ay hindi maaaring mapayapa sa harap ng Diyos; hindi alam ng gayong tao kung gaano karaming gawain ang ginagawa ng Diyos, o gaano karami ang Kanyang sinasabi, ni hindi nila alam kung paano magsagawa. Hindi ba walang puso ang taong ito? Maaari bang pumayapa ang isang taong walang puso sa harap ng Diyos? Walang paraan ang Diyos na magawang perpekto ang mga taong walang puso—hindi sila naiiba sa mga hayop na may pasan. Nagsalita na ang Diyos nang malinaw at deretsahan, subalit hindi pa rin naaantig ang puso mo, at hindi ka pa rin mapayapa sa harap ng Diyos. Hindi ka ba isang mangmang na hayop? Ang ilang tao ay naliligaw sa pagsasagawa na mapayapa sa presensya ng Diyos. Kapag oras na para magluto, hindi sila nagluluto, at kapag oras na para gumawa ng mga gawain, hindi nila ginagawa ang mga iyon, kundi patuloy lamang silang nagdarasal at nagmumuni-muni. Ang mapayapa sa harap ng Diyos ay hindi nangangahulugan na huwag magluto o gumawa ng mga gawain, o huwag magpatuloy sa buhay; sa halip, ito ay ang magawang patahimikin ang puso ng isang tao sa harap ng Diyos sa lahat ng normal na kalagayan, at magkaroon ng puwang sa puso ng isang tao para sa Diyos. Kapag nagdarasal ka, dapat kang lumuhod nang maayos sa harap ng Diyos para magdasal; kung gumagawa ka ng mga gawain o naghahanda ng pagkain, patahimikin ang puso mo sa harap ng Diyos, pagnilayan ang mga salita ng Diyos, o umawit ng mga himno. Anuman ang sitwasyon mo, dapat kang magkaroon ng sarili mong paraan sa pagsasagawa, dapat mong gawin ang lahat ng kaya mo para mapalapit sa Diyos, at dapat mong sikapin nang buo mong lakas na patahimikin ang puso mo sa harap ng Diyos. Kapag itinutulot ng sitwasyon, magdasal nang walang ibang ginagawa; kapag hindi itinutulot ng sitwasyon, lumapit sa Diyos sa puso mo habang ginagawa mo ang gawaing kailangang gawin. Kapag maaari mong kainin at inumin ang mga salita ng Diyos, kainin at inumin ang Kanyang mga salita; kapag makapagdarasal ka, magdasal ka; kung maaari mong pagbulay-bulayan ang Diyos, pagbulay-bulayan Siya. Sa madaling salita, gawin ang lahat ng iyong magagawa para sanayin ang sarili mo sa pagpasok ayon sa iyong kapaligiran. Maaaring mapayapa ang ilang tao sa harap ng Diyos kapag walang problema, ngunit sa sandaling may mangyari, gumagala ang isipan nila. Hindi iyon pagiging payapa sa harap ng Diyos. Ang tamang paraan ng pagdanas ay ganito: Anuman ang sitwasyon, hindi dapat lumayo sa Diyos ang puso ng isang tao, o magambala ng mga tao, mga pangyayari, o mga bagay sa labas, at saka lamang tunay na payapa ang isang tao sa harap ng Diyos. Sinasabi ng ilang tao na, kapag nagdarasal sila sa mga pagpupulong, maaaring mapayapa ang kanilang puso sa harap ng Diyos, ngunit sa pakikibahagi sa iba hindi nila kayang pumayapa sa harap ng Diyos, at gumagala ang isipan nila. Hindi ito pagiging payapa sa harap ng Diyos. Ngayon, karamihan sa mga tao ay ganito ang kalagayan, hindi kaya ng

puso nila na palaging maging payapa sa harap ng Diyos. Sa gayon, kailangan ninyong dagdagan pa ang inyong pagsisikap sa pagsasanay sa inyong sarili sa aspetong ito, pumasok, nang paunti-unti, sa tamang landasin ng karanasan sa buhay, at magsimulang tumahak sa landas ng pagpeperpekto ng Diyos.

Isaisip ang Kalooban ng Diyos para Makamit ang Pagiging Perpekto

Kapag mas isinasaisip mo ang kalooban ng Diyos, mas bibigat ang iyong pasanin, at kapag mas mabigat ang iyong pasanin, mas yayaman ang iyong karanasan. Kapag isinasaisip mo ang kalooban ng Diyos, bibigyan ka ng Diyos ng isang pasanin, at pagkatapos ay liliwanagan ka tungkol sa mga gawaing naipagkatiwala Niya sa iyo. Kapag ibinigay ng Diyos ang pasaning ito sa iyo, papansinin mo ang lahat ng nauugnay na katotohanan habang kumakain at umiinom ka ng mga salita ng Diyos. Kung mayroon kang pasanin na may kaugnayan sa kalagayan sa buhay ng iyong mga kapatid, ito ay isang pasanin na naipagkatiwala sa iyo ng Diyos, at palagi mong dadalhin ang pasaning ito sa iyong mga dalangin sa araw-araw. Ang ginagawa ng Diyos ay naipagkatiwala na sa iyo, at handa kang isakatuparan yaong nais gawin ng Diyos; ito ang ibig sabihin ng dalhin na parang iyo ang pasanin ng Diyos. Sa puntong ito, sa iyong pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, magtutuon ka sa ganitong klase ng mga isyu, at iisipin mo, Paano ko lulutasin ang mga problemang ito? Paano ko mabibigyan ng kakayahan ang aking mga kapatid na magkamit ng paglaya at makasumpong ng espirituwal na kasiyahan? Magtutuon ka rin sa paglutas ng mga problemang ito habang nakikibahagi, at habang kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, magtutuon ka sa pagkain at pag-inom ng mga salitang nauugnay sa mga isyung ito. Magdadala ka rin ng isang pasanin habang kumakain at umiinom ng Kanyang mga salita. Kapag naunawaan mo na ang mga hinihingi ng Diyos, magkakaroon ka ng mas malinaw na ideya tungkol sa landas na tatahakin. Ito ang kaliwanagan at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu na dulot ng iyong pasanin, at ito rin ang patnubay na ipinagkaloob ng Diyos sa iyo. Bakit Ko sinasabi ito? Kung wala kang pasanin, hindi ka magbibigay-pansin habang kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos; kapag ikaw ay kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos habang nagdadala ng isang pasanin, mauunawaan mo ang diwa ng mga ito, mahahanap ang iyong daan, at isasaisip ang kalooban ng Diyos. Samakatuwid, sa iyong mga dalangin, dapat mong hilingin na dagdagan ng Diyos ang iyong mga pasanin at ipagkatiwala sa iyo ang mas mabibigat na gawain, para sa hinaharap, maaari kang magkaroon ng iba pang landas ng pagsasagawa; para ang iyong pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos ay magkaroon ng mas matinding epekto; para maunawaan mo ang diwa ng Kanyang mga salita; at para mas makayanan mong maantig ng Banal na Espiritu.

Ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, pananalangin, pagtanggap ng

pasanin ng Diyos, at pagtanggap ng mga gawaing ipinagkakatiwala Niya sa iyo—lahat ng ito ay para mayroong landas sa iyong harapan. Kapag mas mabigat ang pasanin ipinagkakatiwala sa iyo ng Diyos, mas madali ka Niyang mapeperpekto. Ayaw makipagtulungan ng ilan sa iba sa paglilingkod sa Diyos, kahit natawag sila; tamad ang mga taong ito na nais lamang magsaya sa kaginhawahan. Kapag mas pinaglilingkod ka sa pakikipagtulungan sa iba, mas marami kang mararanasan. Dahil mas marami kang pasanin at karanasan, magkakaroon ka ng mas maraming pagkakataong mapeperpekto. Samakatuwid, kung kaya mong paglingkuran nang tapat ang Diyos, isasaisip mo ang pasanin ng Diyos; dahil diyan, magkakaroon ka ng mas maraming pagkakataong mapeperpekto ng Diyos. Ang gayong grupo lamang ng mga tao ang kasalukuyang pineperpekto. Kapag mas inaantig ka ng Banal na Espiritu, mas maraming panahon kang iuukol sa pagsasaisip sa pasanin ng Diyos, mas mapeperpekto ka ng Diyos, at mas makakamit ka Niya—hanggang, sa bandang huli, magiging isang tao ka na kinakasangkapan ng Diyos. Sa kasalukuyan, may ilan na walang dinadalang pasanin para sa iglesia. Ang mga taong ito ay maluwag at pabaya, at ang tanging pinahahalagahan nila ay ang sarili nilang laman. Ang gayong mga tao ay masyadong makasarili, at bulag din sila. Kung hindi malinaw sa iyo ang bagay na ito, hindi ka magdadala ng anumang pasanin. Kapag mas isinasaisip mo ang kalooban ng Diyos, mas mabigat ang pasanin ipagkakatiwala Niya sa iyo. Ang mga makasarili ay ayaw magtiis ng gayong mga bagay; ayaw nilang bayaran ang halaga, at, dahil dito, mawawalan sila ng mga pagkakataong mapeperpekto ng Diyos. Hindi ba nila sinasaktan ang kanilang sarili? Kung ikaw ay isang tao na isinasaisip ang kalooban ng Diyos, magkakaroon ka ng tunay na pasanin para sa iglesia. Sa katunayan, sa halip na tawagin itong pasanin na dinadala mo para sa iglesia, mas mainam na tawagin itong pasanin na dinadala mo para sa iyong sariling buhay, dahil ang layunin ng pasanin ito na binubuo mo para sa iglesia ay para magamit mo ang gayong mga karanasan upang mapeperpekto ka ng Diyos. Samakatuwid, sinuman ang nagdadala ng pinakamabigat na pasanin para sa iglesia, at sinuman ang nagdadala ng isang pasanin para makapasok sa buhay—sila ang magiging mga taong pineperpekto ng Diyos. Malinaw na ba ito sa iyo? Kung ang iglesiang kinabibilangan mo ay nakakalat na parang buhangin, ngunit hindi ka nag-aalala ni nababahala, at nagbubulag-bulagan ka pa kapag hindi normal na kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos ang iyong mga kapatid, hindi ka nagdadala ng anumang mga pasanin. Ang gayong mga tao ay hindi ang klaseng kinatutuwaan ng Diyos. Ang klase ng mga taong kinatutuwaan ng Diyos ay nagugutom at nauuhaw para sa katuwiran at isinasaisip ang kalooban ng Diyos. Sa gayon, dapat ninyong isaisip ang pasanin ng Diyos, ngayon mismo; hindi ninyo dapat hintaying ihayag ng Diyos ang Kanyang matuwid na disposisyon sa buong sangkatauhan bago ninyo isaisip ang pasanin ng Diyos. Hindi ba magiging huli na ang lahat sa oras na iyon? Ngayon ang magandang pagkakataon upang mapeperpekto ng Diyos. Kung hahayaan mong makalagpas ang pagkakataong ito, pagsisisihan mo iyon habambuhay, gaya noong hindi nagawang

pumasok ni Moises sa magandang lupain ng Canaan at pinagsisihan niya ito habambuhay, at namatay nang may taos na pagsisi. Kapag naihayag na ng Diyos ang Kanyang matuwid na disposisyon sa lahat ng bayan, mapupuspos ka ng pagsisi. Kahit hindi ka kastiguhin ng Diyos, kakastiguhin mo ang iyong sarili dahil sa sarili mong taos na pagsisi. Hindi kumbinsido rito ang ilan, ngunit kung hindi ka naniniwala rito, maghintay ka lang at makikita mo. May ilang tao na ang tanging layunin ay tuparin ang mga salitang ito. Handa ka bang isakripisyo ang sarili mo para sa mga salitang ito?

Kung hindi ka naghahanap ng mga pagkakataong maperpekto ng Diyos, at kung hindi ka nagpupunyaging makaungos sa grupo sa paghahangad mong maperpekto, sa bandang huli ay mapupuspos ka ng pagsisi. Ngayon ang pinakamainam na pagkakataong maperpekto; ngayon ay napakagandang panahon. Kung hindi mo marubdob na hinahangad na maperpekto ng Diyos, kapag nagwakas na ang Kanyang gawain, magiging huli na ang lahat—nalagpasan ka na ng pagkakataon. Gaano man kadakila ang iyong mga hangarin, kung hindi na gumaganap ng gawain ang Diyos, anuman ang gawin mo, hindi ka na kailanman mapeperpekto. Kailangan mong samantalahin ang pagkakataong ito at makipagtulungan habang ginagawa ng Banal na Espiritu ang Kanyang dakilang gawain. Kung makalagpas sa iyo ang pagkakataong ito, hindi ka na mabibigyan ng isa pa, anuman ang gawin mo. Ang ilan sa inyo ay tumatawag, “Diyos ko, handa akong isaisip ang iyong pasanin, at handa akong palugurin ang iyong kalooban!” Gayunman, wala kang landas upang magsagawa, kaya hindi magtatagal ang iyong mga pasanin. Kung may isang landas sa iyong harapan, magkakaroon ka ng karanasan nang paisa-isang hakbang, at ang iyong karanasan ay magiging planado at maayos. Kapag natapos na ang isang pasanin, bibigyan ka ng isa pa. Habang lumalalim ang iyong karanasan sa buhay, mas lalalim din ang iyong mga pasanin. Ang ilang tao ay nagdadala lamang ng isang pasanin kapag inantig ng Banal na Espiritu; pagkaraan ng kaunting panahon, kapag wala na silang landas ng pagsasagawa, tumitigil silang magdala ng anumang mga pasanin. Hindi ka magkakaroon ng mga pasanin sa pagkain at pag-inom lamang ng mga salita ng Diyos. Sa pag-unawa sa maraming katotohanan, magkakaroon ka ng paghiwatig, matututo kang lumutas ng mga problema gamit ang katotohanan, at magkakaroon ka ng mas tumpak na pagkaunawa tungkol sa mga salita at kalooban ng Diyos. Sa pamamagitan ng mga bagay na ito, magkakaroon ka ng dadalhing mga pasanin, at saka mo lamang magagawang gampanan ang gawain nang wasto. Kung mayroon kang isang pasanin, ngunit wala kang malinaw na pagkaunawa sa katotohanan, hindi rin maaari iyan; kailangan mong maranasan mismo ang mga salita ng Diyos at malaman kung paano isagawa ang mga ito. Matapos kang makapasok sa realidad, saka ka lamang maaaring maglaan para sa iba, manguna sa iba, at maperpekto ng Diyos.

Sa “Ang Landas ... 4”, nakasulat na kayong lahat ay mga tao ng kaharian, na itinalaga ng Diyos bago pa ang mga kapanahunan, at hindi maaaring kunin ng sinuman. Nakasaad din doon na nais ng Diyos na makasangkapan at maperpekto ng Diyos ang lahat, at na hinihingi Niya na manindigan sila bilang mga tao ng Diyos, at na sa pagiging

mga tao lamang ng Diyos nila maaaring tuparin ang kalooban ng Diyos. Sa oras na iyon, nagbahagi kayong lahat tungkol sa bagay na ito, nag-usap-usap tungkol sa landas ng pagpasok batay sa mga pamantayan para sa mga tao ng Diyos. Samakatuwid ang gawaing ginampanan ng Banal na Espiritu noong panahong iyon ay ang alisin ang lahat ng tao mula sa kanilang negatibong kalagayan at dalhin sila sa isang positibong kalagayan. Noong panahong iyon, ang gawain ng Banal na Espiritu ay bigyang-kakayahan ang lahat na matamasa ang mga salita ng Diyos bilang mga tao ng Diyos, at tulutan ang bawat isa sa inyo na malinaw na maunawaan na kayo ay mga tao ng Diyos, tulad ng nakatalaga bago pa ang mga kapanahunan, at hindi kayo maaagaw ni Satanas. Kaya, ipinagdasal ninyong lahat: “Diyos ko! Handa akong maging isa sa Iyong mga tao, dahil itinalaga Mo kami bago pa ang mga kapanahunan at dahil naipagkaloob Mo sa amin ang katayuang ito. Handa kaming palugurin Ka mula sa posisyong ito.” Tuwing nagdarasal ka sa ganitong paraan, aantigin ka ng Banal na Espiritu; ganito gumawa ang Banal na Espiritu. Sa panahong ito, dapat kayong manalangin at sanayin ang sarili ninyo na patahimikin ang inyong puso sa harap ng Diyos, para makapagpunyagi kayo para sa buhay at makapasok sa pagsasanay ng kaharian. Ito ang unang hakbang. Sa sandaling ito, ang gawain ng Diyos ay ang magawa ang lahat na makapasok sa tamang landas, magkaroon ng normal na espirituwal na buhay at tunay na mga karanasan, maantig ng Banal na Espiritu, at—sa pundasyong ito—tanggapin ang mga tagubilin ng Diyos. Ang layunin ng pagpasok sa pagsasanay ng kaharian ay para tulutan ang inyong bawat salita, gawa, galaw, iniisip at ideya na pumasok sa loob ng mga salita ng Diyos; para maantig kayo ng Diyos nang mas madalas at sa gayon ay magkaroon kayo ng pusong nagmamahal sa Kanya; at para ipadala sa inyo ang mas marami sa pasanin ng kalooban ng Diyos, para lahat ay nasa landas ng pagpeperpekto ng Diyos, para lahat ay nasa tamang landas. Sa sandaling ikaw ay nasa landas nang ito ng pagpeperpekto ng Diyos, ikaw ay nasa tamang landas. Sa sandaling ang iyong mga iniisip at ideya, gayundin ang iyong mga maling hangarin, ay maaari nang itama, at nagagawa mo nang ibaling ang pag-iisip mo mula sa tawag ng laman tungo sa kalooban ng Diyos, at sa sandaling nagagawa mo nang labanan ang paggambala ng mga maling hangarin kapag naiisip mo ang mga ito, sa halip ay kumikilos ka alinsunod sa kalooban ng Diyos—kung nagagawa mong magbago nang gayon, ikaw ay nasa tamang landas na ng karanasan sa buhay. Sa sandaling ang isinasagawa mong mga panalangin ay nasa tamang landas na, aantigin ka ng Banal na Espiritu sa iyong mga panalangin. Tuwing ikaw ay magdarasal, aantigin ka ng Banal na Espiritu; tuwing ikaw ay magdarasal, magagawa mong patahimikin ang puso mo sa harap ng Diyos. Tuwing ikaw ay kumakain at umiinom ng isang sipi ng mga salita ng Diyos, kung nagagawa mong maunawaan ang gawaing kasalukuyan Niyang isinasagawa at matututuhan kung paano manalangin, paano makipagtulungan, at paano makapasok, saka lamang magkakaroon ng mga bunga ang iyong pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos. Kapag nagawa mo, sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos, na mahanap ang landas ng pagpasok at mahiwatigan ang kasalukuyang takbo ng gawain

ng Diyos, gayundin ang direksyon ng gawain ng Banal na Espiritu, nakapasok ka na sa tamang landas. Kung hindi mo pa nauunawaan ang mga pangunahing punto habang kumakain at umiinom ka ng mga salita ng Diyos at, pagkatapos, hindi mo pa rin masumpungan ang landas tungo sa pagsasagawa, ipapakita niyan na hindi mo pa rin alam kung paano kumain at uminom ng mga salita ng Diyos nang wasto, at na hindi mo pa natutuklasan ang pamamaraan o prinsipyo para magawa ito. Kung hindi mo pa nauunawaan ang gawaing kasalukuyang isinasagawa ng Diyos, hindi mo magagawang tanggapin ang mga gawaing ipagkakatiwala Niya sa iyo. Ang gawaing ginagawa ng Diyos sa kasalukuyan ang kailangan mismong pasukin at maunawaan ng mga tao sa ngayon. Nauunawaan ba ninyo ang mga bagay na ito?

Kung kakainin at iinumun mo nang epektibo ang mga salita ng Diyos, magiging normal ang iyong espirituwal na buhay, at anumang mga pagsubok ang makaharap mo, anumang mga pangyayari ang makatagpo mo, anumang pisikal na karamdaman ang tiisin mo, anumang pagkawalay sa mga kapatid o mga paghihirap sa pamilya ang maranasan mo, nagagawa mong kumain at uminom ng mga salita ng Diyos nang normal, manalangin nang normal, at magpatuloy sa iyong buhay-iglesia nang normal; kung magagawa mo ang lahat ng ito, ipapakita nito na ikaw ay nasa tamang landas. Ang ilang tao ay masyadong marupok at walang tiyaga. Kapag naharap sa maliit na balakid, umuungot at nagiging negatibo sila. Ang paghahangad na matamo ang katotohanan ay nangangailangan ng tiyaga at determinasyon. Kung nabigo kang palugurin ang kalooban ng Diyos sa ngayon, kailangan mong magawang kamuhian ang iyong sarili at, sa iyong kaibuturan, tahimik na maging determinadong magtagumpay sa susunod. Kung, sa oras na ito, hindi mo isinaisip ang pasanin ng Diyos, dapat kang maging determinadong maghimagsik laban sa tawag ng laman kapag naharap ka sa balakid ding iyon sa hinaharap, at pagpasyahan mong palugurin ang kalooban ng Diyos. Ganito ang paraan para ikaw ay maging kapuri-puri. Ang ilang tao ay ni hindi alam kung ang kanilang sariling mga iniisip o ideya ay tama; ang mga taong iyon ay mga hangal! Kung nais mong supilin ang puso mo at maghimagsik laban sa tawag ng laman, kailangan mo munang malaman kung tama ang iyong mga hangarin; saka mo lamang masusupil ang puso mo. Kung hindi mo alam kung tama ang iyong mga hangarin, posible bang masupil mo ang puso mo at maghimagsik ka laban sa tawag ng laman? Kahit maghimagsik ka, gagawin mo ito sa isang nalilitong paraan. Dapat mong malaman kung paano maghimagsik laban sa iyong mga maling hangarin; ito ang ibig sabihin ng maghimagsik laban sa tawag ng laman. Sa sandaling kinikilala mo nang mali ang iyong mga hangarin, iniisip at ideya, dapat kang pumihit kaagad at tumahak sa tamang landas. Lutasin mo muna ang isyung ito, at sanayin ang sarili mo na makapasok sa bagay na ito, dahil ikaw ang higit na nakakaalam kung tama ang iyong mga hangarin o hindi. Sa sandaling naitama na ang iyong mga maling hangarin at naging para na sa kapakanan ng Diyos, nakamit mo na ang mithiing supilin ang puso mo.

Ang pinakamahalagang gawin ninyo ngayon ay ang magtamo ng kaalaman tungkol

sa Diyos at sa Kanyang gawain. Kailangan mo ring malaman kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu sa sangkatauhan; mahalaga ang mga pagkilos na ito para makapasok sa tamang landas. Magiging mas madali para sa iyo na gawin ito kapag nauunawaan mo na ang mahalagang puntong ito. Naniniwala ka sa Diyos at kilala mo ang Diyos, na nagpapakita na ang iyong paniniwala sa Diyos ay tunay. Kung patuloy kang magtatamo ng karanasan, subalit sa huli ay hindi mo pa rin nakikilala ang Diyos, tiyak na isa kang taong lumalaban sa Diyos. Yaong mga naniniwala lamang kay Jesucristo pero hindi naman naniniwala sa Diyos na nagkatawang-tao ngayon ay parurusahang lahat. Lahat sila ay mga Pariseo sa mga huling araw, sapagkat hindi nila kinikilala ang Diyos ng ngayon; at lahat sila ay kontra sa Diyos. Gaano man sila katapat sa kanilang pagsamba kay Jesus, lahat ng iyon ay mawawalan ng kabuluhan; hindi sila pupurihin ng Diyos. Lahat niyaong may hawak na karatula na nagsasabing naniniwala sila sa Diyos, subalit walang tunay na kaalaman tungkol sa Diyos sa kanilang puso, ay mga mapagkunwari!

Upang hangaring maperpekto ng Diyos, kailangan munang maunawaan ng isang tao kung ano ang ibig sabihin ng maperpekto Niya, gayundin kung anong mga kundisyon ang kailangan niyang tugunan upang maperpekto. Kapag nauunawaan na niya ang gayong mga bagay, kailangan niyang maghanap ng isang landas ng pagsasagawa. Upang maperpekto, kailangan siyang magkaroon ng isang katangian. Maraming tao ang hindi likas na may sapat na katangian, sa ganoong kaso kailangan mong magbayad ng halaga at magsikap nang husto. Kapag mas masahol ang iyong katangian, mas kailangan mong magsikap nang husto. Kapag mas nauunawaan mo ang mga salita ng Diyos at mas isinasagawa mo ang mga iyon, mas mabilis kang makakatahak sa landas ng pagiging perpekto. Sa pamamagitan ng pagdarasal, maaari ka ring maperpekto patungkol sa pagdarasal; maaari ka ring maperpekto sa pamamagitan ng pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, pag-unawa sa diwa ng mga ito, at pagsasabuhay ng realidad ng mga ito. Sa pagdanas ng mga salita ng Diyos araw-araw, dapat mong malaman kung ano ang kulang sa iyo; bukod pa ryan, dapat mong makilala ang iyong depekto na ikapapamahak mo at ang iyong mga kahinaan, at manalangin at magsumamo sa Diyos. Sa paggawa nito, unti-unti kang mapeperpekto. Ang landas tungo sa pagiging perpekto ay: pagdarasal; pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos; pag-unawa sa diwa ng mga salita ng Diyos; pagpasok sa karanasan ng mga salita ng Diyos; pag-alam kung ano ang kulang sa iyo; pagpapasakop sa gawain ng Diyos; pagsasaisip sa pasanin ng Diyos at pagtalikod sa tawag ng laman sa pamamagitan ng iyong pagmamahal sa Diyos; at pagsali sa malimit na pakikibahagi sa iyong mga kapatid, na maaaring magpayaman sa iyong mga karanasan. Buhay mo man ito sa komunidad o iyong personal na buhay, at malalaking pulong man ito o maliliit, lahat ay maaaring magtulot sa iyo na magkaroon ng karanasan at tumanggap ng pagsasanay upang ang puso mo ay matahimik sa harap ng Diyos at makabalik sa Kanya. Lahat ng ito ay bahagi ng proseso ng pagpeperpekto. Ang pagdaranas ng mga salita ng Diyos, gaya ng binanggit kanina, ay nangangahulugan

ng tunay na pagtikim sa mga ito at pagtutulot sa sarili mo na isabuhay ang mga ito, upang magkaroon ka ng mas matinding pananampalataya at pagmamahal sa Diyos. Sa ganitong paraan, unti-unti mong maiwawaksi ang iyong tiwali at napakasamang disposisyon; mapapalaya ang sarili mo sa di-wastong mga motibo; at maisasabuhay ang wangis ng isang normal na tao. Kapag mas matindi ang pagmamahal mo sa Diyos sa iyong kalooban—ibig sabihin, mas malaking bahagi mo ang naperpekto ng Diyos—mas hindi ka malulukuban ng katiwalian ni Satanas. Sa pamamagitan ng iyong mga praktikal na karanasan, unti-unti kang makakatahak sa landas ng pagiging perpekto. Sa gayon, kung nais mong maperpekto, napakahalagang isaisip ang kalooban ng Diyos at maranasan ang Kanyang mga salita.

Pineperpekto ng Diyos Yaong mga Kaayon ng Kanyang Puso

Nais ng Diyos ngayon na matamo ang isang grupo ng mga tao, isang grupong binubuo ng mga nagsisikap na makipagtulungan sa Kanya, na kayang sumunod sa Kanyang gawain, na naniniwala na ang mga salitang binibigkas ng Diyos ay totoo, at kayang isagawa ang mga kinakailangan ng Diyos; sila yaong may tunay na pag-unawa sa kanilang puso, sila yaong maaaring gawing perpekto, at walang alinlangang magagawa nilang tumahak sa landas ng pagkaperpekto. Yaong mga hindi magagawang perpekto ay mga taong walang malinaw na pagkaunawa sa gawain ng Diyos, na hindi umiinom at kumakain ng mga salita ng Diyos, na hindi pumapansin sa Kanyang mga salita, at walang anumang pagmamahal sa Diyos sa kanilang mga puso. Yaong mga nagdududa sa Diyos na nagkatawang-tao, laging nag-aalinlangan tungkol sa Kanya, hindi tinatrato nang seryoso ang Kanyang mga salita at lagi Siyang nilililang ay mga taong lumalaban sa Diyos at nabibilang kay Satanas; walang paraan para gawing perpekto ang gayong mga tao.

Kung nais mong maperpekto, kailangan ka munang paboran ng Diyos, sapagkat pineperpekto Niya yaong mga pinapaboran Niya at kaayon ng Kanyang puso. Kung nais mong maging kaayon ng puso ng Diyos, kailangan mong magkaroon ng pusong sumusunod sa Kanyang gawain, kailangan mong sikaping hangarin ang katotohanan, at kailangan mong tanggapin ang masusing pagsusuri ng Diyos sa lahat ng bagay. Sumailalim na ba ang lahat ng ginagawa mo sa masusing pagsusuri ng Diyos? Tama ba ang iyong intensyon? Kung tama ang iyong intensyon, pupurihin ka ng Diyos; kung mali ang iyong intensyon, ipinapakita nito na ang minamahal ng puso mo ay hindi ang Diyos, kundi ang laman at si Satanas. Kung gayon, kailangan mong gamitin ang panalangin bilang isang paraan upang tanggapin ang masusing pagsusuri ng Diyos sa lahat ng bagay. Kapag nagdarasal ka, bagamat hindi Ako personal na nakatayo sa iyong harapan, sumasaiyo ang Banal na Espiritu, at nagdarasal ka kapwa sa Akin Mismo at

sa Espiritu ng Diyos. Bakit ka naniniwala sa katawang-taong ito? Naniniwala ka dahil taglay Niya ang Espiritu ng Diyos. Maniniwala ka ba sa taong ito kung wala sa Kanya ang Espiritu ng Diyos? Kapag naniniwala ka sa taong ito, naniniwala ka sa Espiritu ng Diyos. Kapag natatakot ka sa taong ito, natatakot ka sa Espiritu ng Diyos. Ang pananampalataya sa Espiritu ng Diyos ay pananampalataya sa taong ito, at ang pananampalataya sa taong ito ay pananampalataya rin sa Espiritu ng Diyos. Kapag nagdarasal ka, nadarama mong sumasaiyo ang Espiritu ng Diyos at na ang Diyos ay nasa iyong harapan, at sa gayon ay nagdarasal ka sa Kanyang Espiritu. Sa panahong ito, karamihan sa mga tao ay masyadong takot na dalhin ang kanilang mga kilos sa harap ng Diyos; bagamat maaari mong linlangin ang Kanyang katawang-tao, hindi mo malilinlang ang Kanyang Espiritu. Anumang bagay na hindi makayanan ang masusing pagsusuri ng Diyos ay hindi nakaayon sa katotohanan, at nararapat na isantabi; kung hindi ay nagkakasala ka sa Diyos. Kaya, kailangan mong ilatag ang iyong puso sa harap ng Diyos sa lahat ng oras, kapag nagdarasal ka, kapag nagsasalita at nagbabahagi ka sa iyong mga kapatid, at kapag ginagampanan mo ang iyong tungkulin at ginagawa ang iyong gawain. Kapag ginampanan mo ang iyong tungkulin, sumasaiyo ang Diyos, at hangga't tama ang iyong intensyon at iyon ay para sa gawain ng sambahayan ng Diyos, tatanggapin Niya ang lahat ng ginagawa mo; dapat mong buong taimtim na ialay ang iyong sarili sa pagganap sa iyong tungkulin. Kapag nagdarasal ka, kung may pagmamahal ka sa Diyos sa iyong puso at hangad mo ang malasakit, pangangalaga at masusing pagsusuri ng Diyos, kung ang mga bagay na ito ang iyong hangarin, magiging epektibo ang iyong mga dalangin. Halimbawa, kapag nagdarasal ka sa mga pulong, kung bubuksan mo ang iyong puso at magdarasal ka sa Diyos at sasabihin mo sa Kanya kung ano ang nasa puso mo nang hindi ka nagsisinungaling, siguradong magiging epektibo ang iyong mga dalangin. Kung taos mong minamahal ang Diyos sa puso mo, manumpa ka sa Diyos: "Diyos ko, na nasa kalangitan at sa lupa at sa lahat ng bagay, isinusumpa ko sa Iyo: Nawa'y suriin ng Iyong Espiritu ang lahat ng ginagawa ko at protektahan at pangalagaan ako sa lahat ng oras, at gawing posible na lahat ng ginagawa ko ay tumayo sa Iyong presensya. Kung sakaling tumigil ang puso ko sa pagmamahal sa Iyo o pagtaksilan Ka nito, kastiguhin at isumpa Mo ako nang matindi. Huwag Mo akong patawarin sa mundong ito o kahit sa susunod!" Nangangahas ka bang manumpa nang gayon? Kung hindi, ipinapakita nito na ikaw ay kimi, at na mahal mo pa rin ang iyong sarili. May ganito ba kayong pagpapasya? Kung ito talaga ang inyong pagpapasya, dapat ninyong gawin ang panunumpang ito. Kung may pagpapasya kang gawin ang gayong panunumpa, tutuparin ng Diyos ang iyong pagpapasya. Kapag nanunumpa ka sa Diyos, nakikinig Siya. Tinutukoy ng Diyos kung ikaw ay makasalanan o matuwid sa pamamagitan ng iyong panalangin at iyong pagsasagawa. Ito ngayon ang proseso ng pagperpekto sa inyo, at kung talagang may pananalig ka na magagawang perpekto, dadalhin mo ang lahat ng iyong ginagawa sa harap ng Diyos at tatanggapin ang Kanyang masusing pagsusuri; kung gagawa ka ng isang bagay na labis na mapanghimagsik o

kung pagtataksilan mo ang Diyos, gagawin Niyang magkatotoo ang iyong panunumpa, at sa gayon anuman ang mangyari sa iyo, mapahamak ka man o makastigo, kagagawan mo mismo ito. Ikaw ang nanumpa, kaya dapat mong tuparin ito. Kung ikaw ay nanumpa, ngunit hindi mo ito tinupad, mapapahamak ka. Yamang ikaw ang nanumpa, tutuparin ng Diyos ang iyong panunumpa. Natatakot ang ilan pagkatapos nilang manalangin, at dumaraing, “Tapos na ang lahat! Wala na ang pagkakataon ko sa kahalayan; wala na ang pagkakataon kong gumawa ng masasamang bagay; wala na ang pagkakataon kong magpakalulong sa aking mga makamundong pagnanasa!” Gustung-gusto pa rin ng mga taong ito na maging makamundo at magkasala, at tiyak na mapapahamak ang kanilang kaluluwa.

Ang maging mananampalataya sa Diyos ay nangangahulugan na lahat ng ginagawa mo ay kailangang dalhin sa Kanyang harapan at sumailalim sa Kanyang masusing pagsusuri. Kung maihaharap ang iyong ginagawa sa Espiritu ng Diyos ngunit hindi sa katawang-tao ng Diyos, nagpapakita ito na hindi ka pa masusing nasusuri ng Kanyang Espiritu. Sino ang Espiritu ng Diyos? Sino ang taong pinatotohanan ng Diyos? Hindi ba Sila iisa at pareho? Ang tingin sa Kanila ng karamihan ay dalawang magkahiwalay na nilalang, naniniwalang ang Espiritu ng Diyos ay Espiritu ng Diyos, at ang taong pinatotohanan ng Diyos ay isang tao lamang. Ngunit hindi ka ba nagkakamali? Sa kaninong pangalan gumagawa ang taong ito? Yaong mga hindi nakakakilala sa Diyos na nagkatawang-tao ay walang espirituwal na pang-unawa. Ang Espiritu ng Diyos at ang Kanyang nagkatawang-taong laman ay iisa, dahil ang Espiritu ng Diyos ay nananahan sa katawang-tao. Kung ang taong ito ay hindi mabait sa iyo, magiging mabait ba ang Espiritu ng Diyos? Hindi ka ba nalilito? Ngayon, lahat ng hindi matanggap ang masusing pagsusuri ng Diyos ay hindi matatanggap ang Kanyang pagsang-ayon, at yaong mga hindi nakakakilala sa Diyos na nagkatawang-tao ay hindi maaaring mapeperpekto. Tingnan mo ang lahat ng ginagawa mo, at tingnan mo kung maaari ba itong dalhin sa harap ng Diyos. Kung hindi mo madadala ang lahat ng iyong ginagawa sa harap ng Diyos, ipinapakita nito na masamang tao ka. Mapeperpekto ba ang masasamang tao? Lahat ng iyong ginagawa, bawat kilos, bawat layunin, at bawat tugon ay dapat dalhin sa harap ng Diyos. Kahit ang iyong pang-araw-araw na espirituwal na buhay—ang iyong mga dalangin, ang iyong pagiging malapit sa Diyos, kung paano ka kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, ang pakikipagbahaginan mo sa iyong mga kapatid, at ang buhay mo sa loob ng iglesia—at ang iyong paglilingkod na bilang magkatuwang ay maaaring dalhin sa harap ng Diyos para sa Kanyang masusing pagsusuri. Ang gayong pagsasagawa ang tutulong sa iyo na lumago sa buhay. Ang proseso ng pagtanggap sa masusing pagsusuri ng Diyos ang proseso ng pagdadalisay. Kapag mas matatanggap mo ang masusing pagsusuri ng Diyos, mas napapadalisay at mas umaayon ka sa kalooban ng Diyos, kaya hindi ka maaakit sa kahalayan, at mabubuhay ang puso mo sa Kanyang presensya. Kapag mas tinatanggap mo ang Kanyang masusing pagsusuri, mas napapahiya si Satanas at mas tumataas ang kakayahan mong talikdan ang laman.

Kaya, ang pagtanggap sa masusing pagsusuri ng Diyos ay isang landas ng pagsasagawa na dapat sundan ng mga tao. Anuman ang ginagawa mo, kahit kapag nakikipagniig ka sa iyong mga kapatid, maaari mong dalhin ang iyong mga kilos sa harap ng Diyos at hangarin ang Kanyang masusing pagsusuri at hangaring sundin ang Diyos Mismo; gagawin nitong mas tama ang iyong pagsasagawa. Kung dadalhin mo ang lahat ng iyong ginagawa sa harap ng Diyos at tatanggapin ang masusing pagsusuri ng Diyos, saka ka lamang magiging isang tao na nabubuhay sa presensya ng Diyos.

Yaong mga walang pagkaunawa tungkol sa Diyos ay hindi kailanman lubos na masusunod ang Diyos. Ang mga taong kagaya nito ay mga anak na suwail. Masyado silang ambisyoso, at masyadong mapanghimagsik, kaya inilalayo nila ang kanilang sarili mula sa Diyos at ayaw nilang tanggapin ang Kanyang masusing pagsusuri. Ang mga taong kagaya nito ay hindi madaling maperpekto. Mapili ang ilang tao kung paano nila kakainin at iinumina ang mga salita ng Diyos at sa pagtanggap nila sa mga ito. Tinatanggap nila ang ilang bahagi ng mga salita ng Diyos na umaayon sa kanilang mga kuru-kuro samantalang inaayawan yaong mga hindi. Hindi ba ito tahasang paghihimagsik at paglaban sa Diyos? Kung maraming taon nang nananalig ang isang tao sa Diyos nang hindi nagtatamo ng kahit kaunting pagkaunawa tungkol sa Kanya, sila ay di-mananampalataya. Yaong mga handang tanggapin ang masusing pagsusuri ng Diyos ay yaong mga naghahangad na maunawaan Siya, na handang tanggapin ang Kanyang mga salita. Sila ang mga tatanggap ng mana at mga pagpapala ng Diyos, at sila ang pinakapinagpala. Isinusumpa ng Diyos yaong mga walang-puwang para sa Kanya sa kanilang puso, at kinakastigo at tinatalikdan Niya ang gayong mga tao. Kung hindi mo mahal ang Diyos, tatalikdan ka Niya, at kung hindi ka makikinig sa sinasabi Ko, ipinapangako Ko na tatalikdan ka ng Espiritu ng Diyos. Subukan mo ito kung hindi ka naniniwala! Sa araw na ito nilililaw Ko sa iyo ang isang landas sa pagsasagawa, ngunit nasa sa iyo kung isasagawa mo ito. Kung hindi ka naniniwala rito, kung hindi mo ito isasagawa, makikita mo mismo kung gumagawa sa iyo ang Banal na Espiritu o hindi! Kung hindi mo hahangaring maunawaan ang Diyos, hindi gagawa sa iyo ang Banal na Espiritu. Gumagawa ang Diyos sa yaong mga naghahangad at nagpapahalaga sa Kanyang mga salita. Kapag mas pinahahalagahan mo ang mga salita ng Diyos, mas gagawa sa iyo ang Kanyang Espiritu. Kapag mas pinahahalagahan ng isang tao ang mga salita ng Diyos, mas malaki ang pag-asa niyang maperpekto ng Diyos. Pineperpekto ng Diyos yaong mga tunay na nagmamahal sa Kanya, at pineperpekto Niya yaong mga may puso na payapa sa Kanyang harapan. Ang pahalagahan ang lahat ng gawain ng Diyos, ang pahalagahan ang kaliwanagan ng Diyos, ang pahalagahan ang presensya ng Diyos, ang pahalagahan ang malasakit at pangangalaga ng Diyos, ang pahalagahan kung paano nagiging realidad mo ang mga salita ng Diyos at natutustusan ang iyong buhay—lahat ng ito ay pinakamainam na naaayon sa puso ng Diyos. Kung pinahahalagahan mo ang gawain ng Diyos, ibig sabihin, kung pinahahalagahan mo ang lahat ng gawaing ginawa ng Diyos sa iyo, pagpapalain ka Niya at pararamihin ang lahat

ng sa iyo. Kung hindi mo pahahalagahan ang mga salita ng Diyos, hindi Siya gagawa sa iyo, kundi pagkakalooban ka lamang Niya ng katiting na biyaya para sa iyong pananampalataya, o pagpapalain ka ng kaunting kayamanan at ng kaunting kaligtasan ang iyong pamilya. Dapat mong sikaping gawing iyong realidad ang mga salita ng Diyos, at mapalugod Siya at maging kaayon ng Kanyang puso; hindi ka lamang dapat magsikap na tamasahin ang Kanyang biyaya. Wala nang iba pang mas mahalaga para sa mga mananampalataya kaysa matanggap ang gawain ng Diyos, matamo ang pagkaperpekto, at maging mga taong sumusunod sa kalooban ng Diyos. Ito ang mithiing dapat mong hangarin.

Lahat ng hinangad ng tao sa Kapanahunan ng Biyaya ay lipas na, dahil mayroon na ngayong mas mataas na pamantayan ng paghahangad; ang hinahangad ay kapwa mas matayog at mas praktikal, ang hinahangad ay mas magpapalugod sa kinakailangan ng kalooban ng tao. Sa lumipas na mga kapanahunan, hindi gumawa ang Diyos sa mga tao na kagaya ngayon; hindi Siya nangusap sa kanila na katulad ng ginagawa Niya ngayon, ni hindi kasintayog ngayon ang Kanyang mga kinakailangan sa kanila noon. Na nangungusap ang Diyos sa inyo tungkol sa mga bagay na ito ngayon ay nagpapakita na ang talagang layon ng Diyos ay nakatuon sa inyo, sa grupong ito ng mga tao. Kung talagang nais mong maperpekto ng Diyos, hangarin mo ito bilang iyong sentrong mithiin. Nagpapagal ka man, gumugugol ng iyong sarili, naglilingkod sa isang tungkulin, o kung natanggap mo na ang atas ng Diyos, ang layunin ay palaging ang maperpekto at mapalugod ang kalooban ng Diyos, ang makamtan ang mga mithiing ito. Kung sinasabi ng isang tao na hindi niya hinahangad na maperpekto ng Diyos o makapasok sa buhay, kundi hinahangad lamang niya ang kapayapaan at kasiyahan ng laman, siya ang pinakabulag sa lahat ng tao. Yaong mga hindi nagtataguyod sa realidad ng buhay, kundi naghahangad lamang ng buhay na walang hanggan sa mundong darating at kaligtasan sa mundong ito, ang pinakabulag sa lahat ng tao. Kaya, lahat ng ginagawa mo ay dapat gawin para sa layuning maperpekto at matamo ng Diyos.

Ang gawaing ginagawa ng Diyos sa mga tao ay upang maglaan para sa kanila batay sa kanilang magkakaibang mga kinakailangan. Kapag mas malaki ang buhay ng isang tao, mas malaki ang kanyang pangangailangan at mas naghahangad siya. Kung sa yugtong ito ay wala kang hinahangad, pinatutunayan nito na tinalikdan ka na ng Banal na Espiritu. Lahat ng naghahangad ng buhay ay hindi kailanman tatalikdan ng Banal na Espiritu; ang gayong mga tao ay palaging naghahangad, at palaging may pinananabikan sa kanilang puso. Ang gayong mga tao ay hindi kuntento kailanman sa lagay ng mga bagay-bagay sa kasalukuyan. Bawat yugto ng gawain ng Banal na Espiritu ay naglalayon na magkamit ng epekto sa iyo, ngunit kung magiging kampante ka, kung wala ka nang mga pangangailangan, kung hindi mo na tinatanggap ang gawain ng Banal na Espiritu, tatalikdan ka Niya. Kinakailangan ng mga tao ang masusing pagsusuri ng Diyos araw-araw; kinakailangan nila ang saganang panustos mula sa Diyos araw-araw. Makakaraos ba ang tao nang hindi kumakain at umiinom ng salita ng Diyos araw-araw? Kung palaging

nadarama ng isang tao na hindi sapat ang nakakain at naiinom niyang salita ng Diyos, kung palagi niya itong hinahangad at nagugutom at nauuhaw para rito, palaging gagawa sa kanya ang Banal na Espiritu. Kapag mas nananabik ang isang tao, mas maraming praktikal na bagay ang maaaring lumabas sa kanyang pagbabahagi. Kapag mas matindi ang paghahangad ng isang tao sa katotohanan, mas mabilis na lalago ang kanyang buhay, yayaman ang kanyang karanasan at magiging mayamang mamamayan sa sambahayan ng Diyos.

Ang mga Sumusunod sa Diyos Nang may Tapat na Puso ay Tiyak na Makakamit ng Diyos

Nagbabago ang gawain ng Banal na Espiritu araw-araw. Mas tumataas ito sa bawat hakbang, ang pahayag ng bukas ay mas mataas kaysa sa ngayon, umaakyat nang mas mataas sa bawat hakbang. Ganito ang gawain ng pagperpekto ng Diyos sa tao. Kung hindi makasasabay ang mga tao, maaari silang itaboy anumang oras. Kung wala silang puso ng pagkamasunurin, hindi sila makasusunod hanggang sa pinakahuli. Nakalipas na ang dating kapanahunan; ito ay isang bagong kapanahunan. At sa isang bagong kapanahunan, isang bagong gawain ang dapat isakatuparan. Lalung-lalo na sa huling kapanahunan kung saan ay gagawing perpekto ang tao, magsasagawa ang Diyos ng mas bagong gawain, nang mas mabilis, kaya kung walang pagsunod sa mga puso nila, mahihirapan ang mga tao na sumunod sa mga yapak ng Diyos. Hindi sumusunod ang Diyos sa anumang mga patakaran, at hindi rin Niya itinuturing na hindi nagbabago ang anumang yugto ng gawain Niya. Sa halip, ang gawaing ginagawa Niya ay mas bago pa at mas mataas pa. Sa bawat yugto, nagiging higit na praktikal ang gawain Niya, at lalong umaayon sa aktwal na mga pangangailangan ng tao. Pagkatapos maranasan ng mga tao ang ganitong gawain ay saka lamang nila matatamo ang huling pagpapabago ng disposisyon nila. Ang kaalaman ng tao sa buhay ay umaabot sa mas mataas pang mga antas, at kaya, gayundin, ang gawain ng Diyos ay umaabot sa mas mataas pang mga antas. Sa gayon lamang magagawang perpekto ang tao at magiging marapat na magamit ng Diyos. Gumagawa ang Diyos sa ganitong paraan sa isang banda upang salungatin at baligtarin ang mga kuru-kuro ng tao, at sa kabila banda naman ay upang akayin ang tao tungo sa isang mas mataas at mas makatotohanang kalagayan, tungo sa pinakamataas na dako ng paniniwala sa Diyos, upang sa huli, magagawa ang kalooban ng Diyos. Lahat ng mga may masuwaying kalikasan na sinasadyang sumalungat ay itataboy ng yugtong ito ng matulin at malakas na pagsulong na gawain ng Diyos; tanging ang mga handang sumunod at nagagalak na magpakumbaba ng sarili lamang ang makasusulong hanggang sa katapusan ng daan. Sa ganitong uri ng gawain, dapat matuto kayong lahat kung paano magpasakop at kung paano isantabi ang mga

kuru-kuro ninyo. Dapat kayong maging maingat sa bawat hakbang na gagawin mo. Kung pabaya kayo, tiyak na tatanggihan kayo nang may paghamak ng Banal na Espiritu, magiging nakagagambala sa gawain ng Diyos. Bago sumailalim sa yugtong ito ng gawain, ang mga patakaran at mga batas ng tao noon ay sobrang napakarami hanggang sa nadala siya, at bilang resulta, naging palalo siya at nakalimutan ang sarili niya. Mga balakid ang lahat ng ito na pumipigil sa tao na tanggapin ang bagong gawain ng Diyos; sila ang mga kaaway ng kaalaman ng tao sa Diyos. Mapanganib para sa mga tao ang hindi magkaroon ng pagsunod sa mga puso nila o ng pananabik para sa katotohanan. Kung nagpapasakop ka lamang sa gawain at sa mga salitang payak, at walang kakayahang tumanggap ng anumang mas malalim, kung gayon ikaw ay kumakapit sa mga lumang pamamaraan at hindi makasasabay sa gawain ng Banal na Espiritu. Ang gawaing ginagawa ng Diyos ay nag-iiba sa bawat panahon. Kung may malaki kang pagsunod sa isang yugto ng gawain ng Diyos, ngunit sa susunod na yugto ang pagsunod mo sa gawain Niya ay salat, o wala kang kakayahan na sumunod, kung gayon ay lilisanin ka ng Diyos. Kung nakikisabay ka sa Diyos habang ginagawa Niya ang hakbang na ito, kung gayon ay dapat kang magpatuloy na sumabay kapag umakyat Siya sa susunod; doon ka lamang magiging isang taong masunurin sa Banal na Espiritu. Yamang naniniwala ka sa Diyos, dapat na manatili kang hindi nagbabago sa pagsunod mo. Hindi maaaring susunod ka lamang kapag gusto mo at susuway kapag ayaw mo. Ang ganitong uri ng pagkamasunurin ay hindi pinupuri ng Diyos. Kung hindi ka makasasabay sa bagong gawaing ibinabahagi Ko, at patuloy na nakahawak sa mga dating kasabihan, paano magkakaroon ng pag-unlad sa buhay mo? Ang gawain ng Diyos ay ang tustusan ka sa pamamagitan ng Kanyang mga salita. Kapag sinusunod at tinatanggap mo ang mga salita Niya, tiyak na gagawa sa iyo ang Banal na Espiritu. Gumagawa ang Banal na Espiritu nang eksakto sa sinasabi Ko; gawin ang sinabi Ko, at ang Banal na Espiritu ay kaagad na gagawa sa iyo. Naglalabas Ako ng bagong ilaw upang mapagmasdan ninyo, na dadalhin kayo sa liwanag ng kasalukuyan, at kapag lumakad ka sa loob ng ilaw na ito, ang Banal na Espiritu ay kaagad na gagawa sa iyo. Mayroong ilang maaaring matigas ang ulo, sinasabing, “Basta hindi ko isasakatuparan ang sinasabi Mo.” Kung gayon, sinasabi Ko sa iyo na nakarating ka na ngayon sa katapusan; ikaw ay natuyo at wala nang buhay. Samakatuwid, sa pagdanas ng pagbabago ng disposisyon mo, wala nang mas mahalaga pa kaysa sa ang pagsabay sa kasalukuyang ilaw. Ang Banal na Espiritu ay hindi lamang gumagawa sa ilang taong ginagamit ng Diyos, kundi, higit pa rito, sa iglesia. Maaaring gumagawa Siya sa sinuman. Maaaring gumagawa Siya sa iyo sa kasalukuyang oras, at mararanasan mo ang gawaing ito. Sa susunod na yugto, maaari Siyang gumawa sa ibang tao, kung gayon dapat kang magmadaling makasunod; kapag mas malapit mong sinusundan ang kasalukuyang ilaw, higit na lalago ang buhay mo. Kahit na ano pang uri ang isang tao, kung gumagawa sa kanya ang Banal na Espiritu, dapat kang sumunod. Gamitin mo ang mga karanasan niya sa sarili mo, at tatanggap ka ng mas higit pang mga bagay. Sa paggawa nito mas

mabilis kang uunlad. Ito ang landas ng pagkaperpekto para sa tao at ang paraan kung saan lalago ang buhay. Ang landas ng pagiging perpekto ay naaabot sa pamamagitan ng pagsunod mo sa gawain ng Banal na Espiritu. Hindi mo alam kung sa pamamagitan ng anong uri ng tao gagawa ang Diyos upang gawin kang perpekto, o sa pamamagitan ng anong tao, pangyayari, o bagay ka Niya hahayaang makamit o makita ang mga bagay. Kung makatatapak ka sa tamang landas na ito, ipinakikita nito na mayroong malaking pag-asang magawa kang perpekto ng Diyos. Kung hindi mo magagawa, ipinakikita nitong malungkot at walang liwanag ang kinabukasan mo. Kapag nagsimula ka sa tamang landas, makakamit mo ang pahayag sa lahat ng bagay. Kahit na ano pa man ang ibinubunyag ng Banal na Espiritu sa iba, kung magpapatuloy ka batay sa kaalaman nila para maranasan ang mga bagay sa sarili mo, kung gayon ay magiging bahagi ng buhay mo ang karanasang ito, at magagawa mong tustusan ang iba mula sa karanasang ito. Ang mga nagtutustos sa iba sa pamamagitan ng paggaya sa mga salita ay mga taong hindi pa nagkakaroon ng anumang mga karanasan; dapat mong matutunang humanap, sa pamamagitan ng kaliwanagan at pagtanglaw ng iba, isang paraan ng pagsasagawa bago ka magsimulang magsalita tungkol sa sarili mong aktwal na karanasan at kaalaman. Ito ay may higit na pakinabang sa sarili mong buhay. Dapat mong maranasan ang ganito, na sumusunod sa lahat ng nagmumula sa Diyos. Dapat mong hangarin ang kalooban ng Diyos sa lahat ng mga bagay at matutunan ang mga aral sa lahat ng bagay, nang lumago ang buhay mo. Ang ganitong pagsasagawa ay nagbibigay ng pinakamabilis na pag-unlad.

Nililiwanagan ka ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng praktikal mong mga karanasan, at ginagawa kang perpekto sa pamamagitan ng pananampalataya mo. Tunay bang handa kang gawing perpekto? Kung talagang handa kang gawing perpekto ng Diyos, magkakaroon ka ng tapang na isantabi ang laman mo, at magagawa mong isakatuparan ang mga salita ng Diyos, at hindi ka magiging balintiyak o mahina. Magagawa mong sundin ang lahat ng nagmumula sa Diyos, at ang lahat ng mga kilos mo, ginagawa man ang mga ito sa publiko o nang pribado, ay maihaharap sa Diyos. Kung isa kang tapat na tao, at isinasagawa ang katotohanan sa lahat ng bagay, kung gayon ay magiging perpekto ka. Ang mga mapanlinlang na mga taong kumikilos sa isang paraan sa harap ng iba at sa ibang paraan sa likuran nila ay hindi handang gawing perpekto. Lahat sila ay mga anak ng kapahamakan at pagkawasak; hindi sila pag-aari ng Diyos kundi ni Satanas. Hindi sila ang uri ng mga taong pinili ng Diyos! Kung ang mga kilos at pag-uugali mo ay hindi maihaharap sa Diyos o matitingnan ng Espiritu ng Diyos, patunay itong mayroong mali sa iyo. Magagawa mo lamang na tumapak sa landas ng pagiging perpekto kung tinatanggap mo ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, at pinapahalagahan ang pagbabago ng disposisyon mo. Kung tunay na handa kang maperpekto ng Diyos at gawin ang kalooban ng Diyos, kung gayon ay dapat mong sundin ang lahat ng gawain ng Diyos, nang walang kahit isang salita ng pagdaing, nang hindi nangangahas na suriin o hatulan ang gawain ng Diyos. Ito ang pinakamabababang

hinihingi para maperpekto ng Diyos. Ang mahalagang hinihingi sa mga naghahangad na maperpekto ng Diyos ay ito: Kumilos nang may pusong nagmamahal sa Diyos sa lahat ng mga bagay. Ano ang kahulugan ng kumilos nang may pusong nagmamahal sa Diyos? Ibig sabihin nito ay ang lahat ng mga kilos at pag-uugali mo ay maihaharap sa Diyos. At sapagkat mayroon kang mga tamang layunin, tama man o mali ang mga kilos mo, hindi ka natatakot na ipakita ang mga ito sa Diyos o sa mga lalaki at mga babaeng kapatid mo, at nangangahas kang sumumpa sa harap ng Diyos. Dapat mong ilahad ang bawat layunin, iniisip, at ideya mo sa harap ng Diyos para sa masusing pagsisiyasat Niya; kung nagsasagawa at pumapasok ka sa ganitong paraan, magiging mabilis ang pag-unlad sa buhay mo.

Yamang naniniwala ka sa Diyos, dapat kang manampalataya sa lahat ng mga salita ng Diyos at sa lahat ng gawain Niya. Ibig sabihin, yamang naniniwala ka sa Diyos, dapat kang sumunod sa Kanya. Kung hindi mo kayang gawin ito, kung gayon ay hindi mahalaga kung naniniwala ka sa Diyos o hindi. Kung naniniwala ka sa Diyos sa loob ng maraming taon, subalit hindi mo Siya kailanman sinunod, at hindi mo tinatanggap ang kabuuan ng mga salita Niya, at sa halip ay hinihingi mo sa Diyos na magpasakop Siya sa iyo at kumilos Siya ayon sa mga kuru-kuro mo, kung gayon ay ikaw ang pinakamapanghimagsik sa lahat, isa kang hindi mananampalataya. Paano makasusunod ang ganitong mga tao sa gawain at mga salita ng Diyos na hindi umaayon sa mga kuru-kuro ng tao? Ang pinakamapanghimagsik sa lahat ay ang mga sadyang lumalabag at lumalaban sa Diyos. Sila ang mga kaaway ng Diyos, ang mga anticristo. Palaging may poot ang saloobin nila sa bagong gawain ng Diyos; hindi sila kailanman nagkaroon ng ni katiting na kagustuhang magpasakop, ni hindi sila kailanman nagalak na magpasakop o magpakumbaba ng sarili nila. Dinadakila nila ang mga sarili nila bago ang iba at hindi kailanman nagpapasakop sa sinuman. Sa harap ng Diyos, itinuturing nila ang mga sarili nilang pinakamahusay sa pangangaral ng salita, at ang pinakabihasa sa paggawa sa iba. Hindi nila kailanman itinatapon ang mga “kayamanang” nasa pag-aari nila, kundi itinuturing ang mga ito bilang mga pamana ng pamilya para sambahin, para ipangaral sa iba ang tungkol dito, at ginagamit nila ang mga ito para magsermon sa mga hangal na umiidolo sa kanila. Tunay ngang may ilang taong tulad nito sa loob ng iglesia. Masasabing sila ay mga “hindi palulupig na mga bayani,” na bawat salinlahi ay pansamantalang nananahan sa tahanan ng Diyos. Ipinapalagay nila ang pangangaral ng salita (doktrina) bilang pinakamataas nilang tungkulin. Bawat taon, bawat salinlahi, masigasig nilang ipinatutupad ang “sagrado at hindi malalabag” na tungkulin nila. Walang nangangahas na salingin sila; wala kahit isang tao ang nangangahas na lantarang sawayin sila. Nagiging “mga hari” sila sa tahanan ng Diyos, nagwawala habang sinisiil nila ang iba sa bawat kapanahunan. Naghahangad ang pangkat ng mga demonyong ito na makipagsanib at gibain ang gawain Ko; paano Ko mapahihintulutang umiral ang mga buhay na diyablong ito sa harap ng mga mata Ko? Kahit ang mga medyo masunurin lamang ay hindi makapagpapatuloy hanggang sa katapusan, lalong hindi itong mga

maniniil na wala ni katiting na pagsunod sa mga puso nila! Hindi madaling makakamit ng tao ang gawain ng Diyos. Kahit na ginagamit ang lahat ng lakas na mayroon sila, kaunting bahagi lamang nito ang makakamit ng mga tao, na sa huli ay magpapahintulot sa kanila na maperpekto. Ano, kung gayon, ang para sa mga anak ng arkanghel, na naghahangad na wasakin ang gawain ng Diyos? Wala ba silang mas maliit na pag-asang makamit ng Diyos? Ang layunin Ko sa paggawa ng gawain ng paglupig ay hindi lamang ang manlupig alang-alang sa paglupig, kundi manlupig upang ibunyag ang pagiging matuwid at kalikuan, upang kumuha ng patunay para sa kaparusahan ng tao, upang parusahan ang buktot, at, higit pa rito, upang manlupig para sa kapakanan ng pagpeperpekto ng mga handang sumunod. Sa huli, paghihiwa-hiwalayin ang lahat ayon sa uri, at ang mga naging perpekto ay ang mga may mga saloobin at mga ideya na puno ng pagsunod. Ito ang gawaing magagawa sa huli. Samantala, ang mga mapanghimagsik ang bawat kilos ay parurusahan at ipadadala upang sunugin sa mga apoy, mga layon ng walang-hanggang sumpa. Kapag dumating ang oras na iyon, ang mga “dakila at hindi malulupig na mga bayani” ng mga kapanahunang nakalipas ay magiging pinakamababa at pinakanilalayu ang “mahina at inutil na mga duwag.” Tanging ito lamang ang makapaglalarawan sa bawat aspeto ng pagiging matuwid ng Diyos, at ng disposisyon Niya na hindi malalabag ng tao, at tanging ito lamang ang makapagpapalubag ng poot sa puso Ko. Hindi ba kayo sumasang-ayon na lubusang makatuwiran ito?

Hindi lahat ng mga nakararanas ng gawain ng Banal na Espiritu, at hindi rin lahat ng nasa daloy na ito, ay magkakamit ng buhay. Ang buhay ay hindi isang ari-ariang pinagsasaluhan ng lahat ng sangkatauhan, at ang mga pagbabago sa disposisyon ay hindi madaling natatamo ng lahat ng mga tao. Dapat na tunay at aktwal ang pagpapasakop sa gawain ng Diyos, at dapat itong isabuhay. Ang paimbabaw na pagpapasakop lamang ay hindi makatatanggap ng papuri ng Diyos, at ang pagsunod lamang sa paimbabaw na mga aspeto ng salita ng Diyos, nang hindi hinahangad ang pagbabago ng disposisyon ng isang tao, ay hindi umaayon sa puso ng Diyos. Iisa at pareho ang pagsunod sa Diyos at pagpapasakop sa gawain ng Diyos. Ang mga nagpapasakop lamang sa Diyos ngunit hindi sa gawain Niya ay hindi maituturing na masunurin, lalong hindi ang mga hindi tunay na nagpapasakop kundi ay mga mambobola sa panlabas. Ang lahat ng mga tunay na nagpapasakop sa Diyos ay nagkakamit mula sa gawain at nagtatamo ng pagkaunawa sa disposisyon at gawain ng Diyos. Ang ganitong mga tao lamang ang tunay na nagpapasakop sa Diyos. Nagkakamit ng bagong kaalaman ang ganitong mga tao, at sumasailalim sa mga bagong pagbabago mula sa bagong gawain. Tanging ang mga taong ito lamang ang pinupuri ng Diyos; tanging ang mga taong ito lamang ang naging perpekto, at tanging ang mga ito lamang ang nagbago ang disposisyon. Ang mga pinupuri ng Diyos ay ang mga nagagalak na magpasakop sa Diyos, at sa salita at gawain Niya. Ang ganitong mga tao lamang ang nasa tama, ang ganitong mga tao lamang ang taos-pusong nagnanais sa Diyos, at taos-pusong naghahangad sa Diyos. Para naman sa mga nagsasalita lamang tungkol sa pananampalataya nila sa Diyos gamit ang mga

bibig nila, ngunit sa katunayan ay isinusumpa Siya, sila ang mga taong tinatakpan ang mga sarili nila, na nagtataglay ng kamandag ng ahas; sila ang pinakataksil sa lahat. Sa malao't madali, pupunitin ang buktot na mga maskara ng mga damuhong ito. Hindi ba ito ang gawaing ginagawa ngayon? Palaging magiging buktot ang mga taong buktot, at hindi kailanman makatatakas sa araw ng kaparusahan. Palaging magiging mabuti ang mga mabubuting tao, at ibubunyag kapag natapos na ang gawain ng Diyos. Walang kahit isang buktot ang ipapalagay na matuwid, at ang sinumang matuwid ay hindi rin ipapalagay na buktot. Hahayaan Ko ba ang sinumang tao na maakusahan nang mali?

Habang umuusad ang buhay mo, dapat ay palagi kang may bagong pagpasok, at bago at mas mataas na kabatiran, na lumalalim sa bawat hakbang. Ito ang dapat na pasukin ng lahat ng sangkatauhan. Sa pamamagitan ng pakikipagniig, pakikinig sa mga sermon, pagbabasa ng salita ng Diyos, o paglutas sa ilang usapin, magkakamit ka ng bagong kabatiran at bagong kaliwanagan, at hindi namumuhay sa loob ng mga lumang patakaraan at lumang panahon; palagi kang mamumuhay sa bagong liwanag, at hindi lalayo mula sa salita ng Diyos. Ito ang ibig sabihin ng pagsisimula sa tamang landas. Ang paimbabaw lamang na pagbabayad ng halaga ay hindi maaari; bawat araw, pumapasok ang salita ng Diyos sa mas mataas na dako, at lumilitaw ang mga bagong bagay araw-araw, at dapat ding gumawa ang tao ng bagong pagpasok araw-araw. Habang nagsasalita ang Diyos, isinasakatuparan Niya ang lahat ng sinasabi Niya, at kung hindi ka makasasabay, mahuhuli ka. Dapat mong laliman ang mga panalangin mo; hindi maaaring pahintu-hinto ang pagkain at pag-inom ng salita ng Diyos. Laliman ang kaliwanagan at pagtanglaw na tinatanggap mo, at dapat na unti-unting mawala ang mga kuru-kuro at mga guni-guni mo. Dapat mo ring palakasin ang paghatol mo, at anumang makatatagpo mo, dapat kang magkaroon ng sarili mong mga saloobin tungkol dito at magkaroon ng sarili mong mga pananaw. Sa pamamagitan ng pag-unawa ng ilang mga bagay sa espiritu, dapat mong makamit ang kabatiran sa panlabas na mga bagay at maunawaan ang kaibuturan ng anumang usapin. Kung wala ka ng mga bagay na ito, paano mo maaakay ang iglesia? Kung nagsasalita ka lamang tungkol sa mga titik at mga doktrina nang walang anumang realidad at nang walang paraan ng pagsasagawa, makararaos ka lamang sa loob ng maikling panahon. Maaaring bahagya itong katanggap-tanggap kapag nakikipag-usap sa mga bagong mananampalataya, ngunit sa paglipas ng panahon, kapag nagkaroon na ng ilang aktwal na karanasan ang mga bagong mananampalataya, hindi mo na sila matustusan. Kung gayon ay paano ka nagiging marapat na gamitin ng Diyos? Kung walang bagong kaliwanagan, hindi ka makagagawa. Ang mga walang bagong kaliwanagan ay ang mga hindi nakaaalam kung paano makaranas, at hindi kailanman magkakamit ng bagong kaalaman o bagong karanasan ang ganitong mga tao. At sa usapin ng pagtutustos ng buhay, hindi nila kailanman magagampanan ang tungkulin nila, ni hindi sila magiging angkop na gamitin ng Diyos. Walang silbi ang ganitong uri ng tao, isang palaboy lamang. Sa katotohanan, ang ganitong mga tao ay lubos na walang kakayahang gampanan ang tungkulin nila sa gawain, walang

silbi silang lahat. Hindi lamang sila nabibigong gampanan ang tungkulin nila, kundi talagang naglalagay pa sila ng higit na di-kinakailangang pahirap sa iglesia. Hinihimok Ko itong “kagalang-galang na matatandang lalaki” na magmadali at iwanan ang iglesia, upang hindi ka na kailangang tingnan ng iba. Ang ganitong mga tao ay walang pagkaunawa sa bagong gawain at puno ng walang-katapusang mga kuru-kuro. Wala silang ginagampanang kahit na ano pa mang tungkulin sa iglesia; sa halip, gumagawa sila ng kalokohan at nagkakalat ng pag-aalinlangan kahit saan, kahit hanggang sa punto ng paglahok sa lahat ng uri ng masamang asal at panggugulo sa iglesia, dahil dito ay itinatapon nila ang mga walang kakayahang humatol tungo sa kalituhan at kaguluhan. Ang mga buhay na diyablong ito, ang masasamang espiritung ito ay dapat umalis sa iglesia sa lalong madaling panahon, at baka mapinsala pa ang iglesia nang dahil sa iyo. Maaaring hindi mo kinatatakutan ang gawain sa ngayon, ngunit hindi mo ba kinatatakutan ang matuwid na kaparusahan sa hinaharap? Mayroong malalaking bilang ng mga tao sa iglesia na mga sampid, at may malaking bilang ng mga lobong naghahangad gambalain ang normal na gawain ng Diyos. Ang lahat ng mga bagay na ito ay mga demonyong ipinadala ng hari ng mga demonyo, masasamang lobong naghahangad na lamunin ang walang muwang na mga cordero. Kung hindi patatalsikin ang tinaguriang mga taong ito, magiging mga parasitiko sila sa iglesia, mga gamugamong lumalamon ng mga handog. Sa malao’t madali, darating ang araw na itong mga kasuklam-suklam, mangmang, hamak, at karima-rimarim na mga uod na ito ay parurusahan!

Ang Kapanahunan ng Kaharian ay ang Kapanahunan ng Salita

Sa Kapanahunan ng Kaharian, ginagamit ng Diyos ang salita upang pasimulan ang bagong kapanahunan, baguhin ang paraan ng Kanyang paggawa, at gawin ang gawain ng buong kapanahunan. Ito ang prinsipyong ginagamit ng Diyos sa paggawa sa Kapanahunan ng Salita. Siya ay naging tao para magsalita mula sa iba’t ibang pananaw, upang tunay na makita ng tao ang Diyos, na Siyang Salitang nagpapakita sa katawang-tao, at mamasdan ang Kanyang karunungan at pagiging kamangha-mangha. Ang gayong gawain ay ginagawa upang mas makamit ang mga layunin ng paglupig sa tao, paggawang perpekto sa tao, at pag-aalis sa tao, na siyang tunay na kahulugan ng paggamit ng mga salita upang gumawa sa Kapanahunan ng Salita. Sa pamamagitan ng mga salitang ito, nalalaman ng tao ang gawain ng Diyos, ang disposisyon ng Diyos, ang diwa ng tao, at kung ano ang nararapat pasukin ng tao. Sa pamamagitan ng mga salita, ang kabuuan ng gawaing nais gawin ng Diyos sa Kapanahunan ng Salita ay natutupad. Sa pamamagitan ng mga salitang ito, ang mga tao ay inilalantad, inaalis, at sinusubukan. Nakita na ng mga tao ang mga salita ng Diyos, narinig ang mga salitang ito, at kinilala ang pag-iral ng mga salitang ito. Dahil dito, naniwala na sila sa pag-iral ng Diyos, sa

walang-hanggang kapangyarihan at karunungan ng Diyos, gayundin sa pagmamahal ng Diyos sa tao at sa Kanyang hangaring iligtas ang tao. Ang salitang “mga salita” ay maaaring simple at ordinaryo, ngunit ang mga salitang sinambit mula sa bibig ng Diyos na nagkatawang-tao ay niyayanig ang sansinukob, binabago ng mga ito ang puso ng mga tao, binabago ang kanilang mga kuru-kuro at dating disposisyon, at binabago ang dating anyo ng buong mundo. Sa pagdaan ng mga kapanahunan, tanging ang Diyos ng ngayon ang nakagawa sa ganitong paraan, at Siya lamang ang nangungusap nang gayon at pumaparito upang iligtas ang tao nang gayon. Mula sa oras na ito, namumuhay ang tao sa ilalim ng patnubay ng mga salita ng Diyos, na inaakay at tinutustusan ng Kanyang mga salita. Nabubuhay ang mga tao sa mundo ng mga salita ng Diyos, sa gitna ng mga sumpa at pagpapala ng mga salita ng Diyos, at mas marami pang taong nagsimulang mabuhay sa ilalim ng paghatol at pagkastigo ng Kanyang mga salita. Ang mga salita at gawaing ito ay para lahat sa kaligtasan ng tao, para matupad ang kalooban ng Diyos, at para mabago ang orihinal na anyo ng mundo ng dating paglikha. Nilikha ng Diyos ang mundo gamit ang mga salita, ginagabayan Niya ang mga tao sa buong sansinukob gamit ang mga salita, at nilulupig at inililigtas Niya sila gamit ang mga salita. Sa huli, gagamitin Niya ang mga salita upang wakasan ang buong dating mundo, sa gayon ay makumpleto ang kabuuan ng Kanyang plano ng pamamahala. Sa buong Kapanahunan ng Kaharian, gumagamit ng mga salita ang Diyos upang gawin ang Kanyang gawain, at makamtan ang mga resulta ng Kanyang gawain. Hindi Siya gumagawa ng mga kababalaghan o nagsasagawa ng mga himala, kundi ginagawa lamang ang Kanyang gawain sa pamamagitan ng mga salita. Dahil sa mga salitang ito, napapangalagaan at natutustusan ang tao, at nagtatamo ng kaalaman at tunay na karanasan. Sa Kapanahunan ng Salita, ang tao ay lubhang napagpala. Hindi siya nagdaranas ng pisikal na sakit at nagtatamasa lamang ng saganang panustos ng mga salita ng Diyos; nang hindi na kinakailangang pikit-matang maghanap o maglakbay, sa gitna ng kanyang kaginhawaan, nakikita niya ang pagpapakita ng Diyos, naririnig niya Siyang mangusap sa sarili Niyang bibig, tinatanggap niya yaong Kanyang ibinibigay, at personal Siyang binabantayan sa paggawa ng Kanyang gawain. Ito ang mga bagay na hindi natamasa ng mga tao noong nakaraang mga kapanahunan, at ito ay mga pagpapalang hindi nila matatanggap kailanman.

Matibay na naipasya ng Diyos na gawing ganap ang tao, at anumang pananaw ang pinagbabatayan ng Kanyang sinasabi, lahat ito ay para magawang perpekto ang mga tao. Ang mga salitang sinambit mula sa pananaw ng Espiritu ay mahirap maunawaan ng mga tao; wala silang paraan para makita ang landas para makapagsagawa, sapagkat limitado ang kanilang kakayahang umunawa. Ang gawain ng Diyos ay nagkakamit ng iba’t ibang epekto, at sa pagsunod sa bawat hakbang ng gawain ay mayroon Siyang layunin. Bukod pa ryan, kailangang mangusap Siya mula sa iba’t ibang pananaw, sapagkat sa paggawa lamang nito Niya maaaring gawing perpekto ang tao. Kung nagsasalita lamang Siya mula sa pananaw ng Espiritu, walang paraan para makumpleto

ang yugtong ito ng gawain ng Diyos. Mula sa tono ng Kanyang pananalita, makikita mo na determinado Siyang gawing ganap ang grupong ito ng mga tao. Kaya ano dapat ang unang hakbang para sa bawat isa sa mga naghahangad na magawang perpekto? Higit sa lahat, kailangan mong malaman ang gawain ng Diyos. Ngayon, nagsimula na ang isang bagong paraan sa gawain ng Diyos; nagbago na ang kapanahunan, nagbago na rin ang paraan ng paggawa ng Diyos, at iba na ang pamamaraan ng pagsasalita ng Diyos. Ngayon, hindi lamang nagbago ang paraan ng Kanyang gawain, kundi pati na ang kapanahunan. Ngayon ang Kapanahunan ng Kaharian. Ito rin ang kapanahunan ng pagmamahal sa Diyos. Isang patikim ito ng Kapanahunan ng Milenyong Kaharian—na siya ring Kapanahunan ng Salita, at kung saan gumagamit ang Diyos ng maraming kaparaanan ng pagsasalita upang gawing perpekto ang tao, at nagsasalita mula sa iba’t ibang pananaw upang tustusan ang tao. Sa pagpasok sa Kapanahunan ng Milenyong Kaharian, magsisimulang gumamit ang Diyos ng mga salita upang gawing perpekto ang tao, na tinutulutan ang tao na makapasok sa realidad ng buhay at inaakay siya patungo sa tamang landas. Dahil nakaranas ng napakaraming hakbang ng gawain ng Diyos, nakita na ng tao na ang gawain ng Diyos ay hindi nananatiling hindi nagbabago, kundi yumayabong at lumalalim nang walang tigil. Matapos itong maranasan ng mga tao nang napakatagal, patuloy na umiinog ang gawain, na paulit-ulit na nagbabago. Gayunman, gaano man ito nagbabago, hindi ito lumilihis kailanman mula sa layunin ng Diyos na maghatid ng kaligtasan sa sangkatauhan. Kahit magbago pa nang sampung libong beses, hindi ito lumilihis sa orihinal nitong layunin kailanman. Paano man maaaring magbago ang pamamaraan ng gawain ng Diyos, hindi kailanman lumalayo ang gawaing ito sa katotohanan o sa buhay. Ang kasama lamang sa mga pagbabago sa pamamaraan ng paggawa ng gawain ay isang pagbabago lamang sa ayos ng gawain, at sa pananaw na pinagbabatayan ng pagsasalita ng Diyos; walang pagbabago sa pinakabuod na layunin ng gawain ng Diyos. Ginagawa ang mga pagbabago sa tono ng tinig ng Diyos at sa pamamaraan ng Kanyang gawain upang may makamit na epekto. Ang isang pagbabago sa tono ng tinig ay hindi nangangahulugan ng pagbabago sa layunin o prinsipyo sa likod ng gawain. Ang pangunahing dahilan ng pananalig ng mga tao sa Diyos ay upang hangarin ang buhay; kung nananalig ka sa Diyos subalit hindi ka naghahangad ng buhay o naghahanap ng katotohanan o ng kaalaman tungkol sa Diyos, hindi ito pananalig sa Diyos! At makatotohanan bang hangarin pa ring makapasok sa kaharian upang maging hari? Ang pagkakamit ng tunay na pagmamahal para sa Diyos sa pamamagitan ng paghahangad ng buhay—ito lamang ang realidad; ang hangaring matamo at isagawa ang katotohanan—lahat ng ito ay realidad. Sa pagbasa sa mga salita ng Diyos, at pagdanas ng mga salitang ito, maiintindihan mo ang kaalaman tungkol sa Diyos sa gitna ng tunay na karanasan, at ito ang kahulugan ng tunay na maghangad.

Ngayon ang Kapanahunan ng Kaharian. Nakapasok ka man sa bagong kapanahunang ito ay depende sa kung nakapasok ka sa realidad ng mga salita ng Diyos, kung naging realidad ng buhay mo ang Kanyang mga salita. Ang mga salita ng Diyos ay ipinapaalam

sa bawat tao upang, sa huli, lahat ng tao ay mabuhay sa mundo ng mga salita ng Diyos, at liliwanagan at tatanglawan ng Kanyang mga salita ang kalooban ng bawat tao. Kung, sa panahong ito, hindi ka maingat sa pagbasa sa mga salita ng Diyos, at wala kang interes sa Kanyang mga salita, nagpapakita ito na mali ang iyong kalagayan. Kung hindi ka makapasok sa Kapanahunan ng Salita, hindi gumagawa sa iyo ang Banal na Espiritu; kung nakapasok ka sa kapanahunang ito, gagawin Niya ang Kanyang gawain. Ano ang magagawa mo sa pagsisimula ng Kapanahunan ng Salita upang matamo ang gawain ng Banal na Espiritu? Sa kapanahunang ito, at sa gitna ninyo, isasakatuparan ng Diyos ang sumusunod na realidad: na bawat tao ay isasabuhay ang mga salita ng Diyos, maisasagawa ang katotohanan, at taimtim na mamahalin ang Diyos; na gagamitin ng lahat ng tao ang mga salita ng Diyos bilang pundasyon at bilang kanilang realidad, at magkakaroon ng pusong nagpipitagan sa Diyos; at na, sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga salita ng Diyos, gagamit ang tao ng pangharing kapangyarihan kasama ang Diyos. Ito ang gawaing gagawin ng Diyos. Makakaya mo bang magpatuloy nang hindi binabasa ang mga salita ng Diyos? Ngayon, pakiramdam ng marami ay hindi nila kayang magpatuloy nang kahit isa o dalawang araw lamang nang hindi binabasa ang Kanyang mga salita. Kailangan nilang basahin ang Kanyang mga salita araw-araw, at kung hindi tutulutan ng panahon, sasapat nang makinig sila sa mga ito. Ito ang pakiramdam na ibinibigay ng Banal na Espiritu sa mga tao, at ito ang paraan na sinisimulan Niya silang antigin. Ibig sabihin, pinamamahalaan Niya ang mga tao sa pamamagitan ng mga salita, nang sa gayon ay makapasok sila sa realidad ng mga salita ng Diyos. Kung, pagkaraan ng kahit isang araw lamang na hindi kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, makadarama ka ng kadiliman at pagkauhaw, at hindi mo ito matatagalan, ipinakikita nito na naantig ka na ng Banal na Espiritu, at na hindi ka pa Niya tinalikuran. Ikaw, kung gayon, ay isang tao na nasa daloy na ito. Gayunman, kung pagkaraan ng isa o dalawang araw nang hindi kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, wala kang anumang nadarama, kung hindi ka nauuhaw, at ni hindi ka man lamang naaantig, nagpapakita ito na tinalikuran ka na ng Banal na Espiritu. Nangangahulugan ito, kung gayon, na may hindi tama sa kalagayang nasa iyong kalooban; hindi ka pa nakapasok sa Kapanahunan ng Salita, at isa ka sa mga yaong naiwan. Gumagamit ang Diyos ng mga salita upang pamahalaan ang mga tao; maganda ang iyong pakiramdam kung kumakain at umiinom ka ng mga salita ng Diyos, at kung hindi, wala kang landas na susundan. Ang mga salita ng Diyos ay nagiging pagkain ng mga tao, at ang puwersang nagtutulak sa kanila. Sinasabi sa Bibliya na “Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawat salitang lumalabas sa bibig ng Diyos” (Mateo 4:4). Ngayon, tatapusin ng Diyos ang gawaing ito, at isasakatuparan Niya ang katotohanang ito sa inyo. Paano nakakatagal ang mga tao nang maraming araw, noong araw, nang hindi nagbabasa ng mga salita ng Diyos subalit nakakakain at nakakagawa pa rin tulad ng dati, ngunit hindi ganito ang nangyayari ngayon? Sa kapanahunang ito, mga salita lamang ang ginagamit ng Diyos upang pamahalaan ang lahat. Sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos, hinahatulan at

ginagawang perpekto ang tao, pagkatapos ay dinadala sa kaharian sa huli. Mga salita lamang ng Diyos ang makatutustos sa buhay ng tao, at mga salita lamang ng Diyos ang makakapagbigay sa tao ng liwanag at isang landas para magsagawa, lalo na sa Kapanahunan ng Kaharian. Basta't hindi ka napapalayo mula sa realidad ng mga salita ng Diyos, araw-araw kang kumakain at umiinom ng Kanyang mga salita, magagawa kang perpekto ng Diyos.

Ang paghahangad na mabuhay ay hindi isang bagay na maaaring madaliin; ang paglago sa buhay ay hindi nangyayari sa loob lamang ng isa o dalawang araw. Ang gawain ng Diyos ay normal at praktikal, at may isang proseso itong kailangang pagdaanan. Kinailangan ni Jesus na nagkatawang-tao ng tatlumpu't tatlo't kalahating taon upang makumpleto ang Kanyang gawaing maipako sa krus—kaya paano naging napakahirap na gawin itong pagdadalisay sa tao at pagbabago ng kanyang buhay? Hindi madaling gumawa ng isang normal na tao na ipinapamalas ang Diyos. Totoo ito lalo na para sa mga taong isinisilang sa bansa ng malaking pulang dragon, na mahina ang kakayahan at nangangailangan ng matagal na panahon ng mga salita at gawain ng Diyos. Kaya huwag kang mainip na makakita ng mga resulta. Kailangan kang maging maagap sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, at higit na magsikap sa mga salita ng Diyos. Kapag natapos mong basahin ang Kanyang mga salita, kailangan mong tunay na maisagawa ang mga iyon, lumago sa kaalaman, kabatiran, paghiwatig, at karunungan sa mga salita ng Diyos. Sa pamamagitan nito, magbabago ka nang hindi mo namamalayan. Kung nagagawa mong tanggapin bilang prinsipyo mo ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, pagbasa sa mga ito, pag-alam sa mga ito, maranasan ito, at pagsasagawa ng mga ito, lalago ka nang hindi mo namamalayan. May mga nagsasabi na hindi nila naisasagawa ang mga salita ng Diyos kahit matapos nila itong basahin. Bakit ka nagmamadali? Kapag naabot mo ang isang tiyak na tayog, magagawa mong isagawa ang Kanyang mga salita. Masasabi ba ng isang apat o limang-taong-gulang na bata na hindi nila magawang suportahan o bigyang-dangal ang kanilang mga magulang? Dapat mong malaman kung gaano kataas ang iyong kasalukuyang tayog. Isagawa kung ano ang kaya mong isagawa, at iwasang maging isang tao na gumagambala sa pamamahala ng Diyos. Kainin at inumin lamang ang mga salita ng Diyos, at tanggapin iyon bilang iyong prinsipyo mula ngayon. Huwag kang mag-alala, sa ngayon, kung magagawa kang ganap ng Diyos. Huwag mo munang tuklasin iyon. Kumain at uminom lamang ng mga salita ng Diyos habang dumarating sa iyo ang mga iyon, at titiyakin ng Diyos na magawa kang ganap. Gayunman, may isang prinsipyong kailangan mong sundin sa pagkain at pag-inom ng Kanyang mga salita. Huwag mo itong gawin nang pikit-mata. Sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, sa isang dako, hanapin ang mga salitang dapat mong malaman—ibig sabihin, yaong may kaugnayan sa mga pangitain—at sa kabilang dako, hangaring malaman yaong dapat mong aktwal na isagawa—ibig sabihin, kung ano ang dapat mong pasukin. Ang isang aspeto ay may kinalaman sa kaalaman, at ang isa pa ay sa pagpasok. Kapag naintindihan mo iyang pareho—kapag naintindihan mo

kung ano ang dapat mong malaman at kung ano ang dapat mong isagawa—malalaman mo kung paano kainin at inumin ang mga salita ng Diyos.

Sa pagpapatuloy, ang pag-uusap tungkol sa mga salita ng Diyos ang prinsipyong dapat mong sundin sa iyong pagsasalita. Karaniwan, kapag nagsasama-sama kayo, dapat kayong magbahaginan tungkol sa mga salita ng Diyos, na ginagamit ang mga salita ng Diyos bilang nilalaman ng inyong mga pag-uusap, na pinag-uusapan kung ano ang alam ninyo tungkol sa mga salitang ito, kung paano ninyo isinasagawa ang mga ito, at kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu. Basta't nagbabahagi ka ng mga salita ng Diyos, paliliwanagin ka ng Banal na Espiritu. Ang pagkakamit ng mundo ng mga salita ng Diyos ay nangangailangan ng pakikipagtulungan ng tao. Kung hindi mo ito papasukin, walang paraan ang Diyos upang gumawa; kung ititikom mo ang iyong bibig at hindi ka magbabahagi tungkol sa Kanyang mga salita, wala Siyang paraan para paliwanagin ka. Tuwing hindi ka naman abala, magbahagi ka tungkol sa mga salita ng Diyos, at huwag basta mag-abala sa walang-kabuluhang pagdadaldalan! Hayaan mong mapuspos ng mga salita ng Diyos ang buhay mo—saka ka lamang magiging isang tapat na mananampalataya. Hindi mahalaga kung mababaw ang iyong pagbabahagi. Kung walang kababawan, hindi magkakaroon ng kalaliman. Kailangan ay may isang proseso. Sa pamamagitan ng iyong pagsasanay, maiintindihan mo ang pagpapalinaw ng Banal na Espiritu sa iyo, at kung paano mas epektibong kainin at inumin ang mga salita ng Diyos. Pagkaraan ng isang agwat ng pagsisiyasat, papasok ka sa realidad ng mga salita ng Diyos. Kung matibay kang nagpasyang makipagtulungan, saka mo lamang matatanggap ang gawain ng Banal na Espiritu.

Sa mga prinsipyo ng pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, ang isa ay may kaugnayan sa kaalaman, at ang isa pa ay sa pagpasok. Aling mga salita ang dapat mong malaman? Dapat mong malaman ang mga salitang may kaugnayan sa mga pangitain (tulad ng, yaong mga may kaugnayan sa kung aling kapanahunan ang napasok na ngayon ng gawain ng Diyos, ano ang nais makamit ng Diyos ngayon, ano ang pagkakatawang-tao, at iba pa; lahat ng ito ay may kaugnayan sa mga pangitain). Ano ang ibig sabihin ng landas na dapat pasukin ng tao? Tumutukoy ito sa mga salita ng Diyos na dapat isagawa at pasukin ng tao. Nasa itaas ang dalawang aspeto ng pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos. Mula ngayon, kainin at inumin ang mga salita ng Diyos sa ganitong paraan. Kung mayroon kang malinaw na pagkaunawa sa Kanyang mga salita tungkol sa mga pangitain, hindi na kailangang patuloy na magbasa sa lahat ng oras. Napakahalagang kumain at uminom ng iba pang mga salita tungkol sa pagpasok, tulad ng paano ibaling ang puso mo sa Diyos, paano patahimikin ang puso mo sa harap ng Diyos, at paano talikdan ang laman. Ito ang mga bagay na dapat mong isagawa. Kung hindi mo alam kung paano kainin at inumin ang mga salita ng Diyos, imposible ang tunay na pagbabahagi. Kapag alam mo na kung paano kumain at uminom ng Kanyang mga salita, kapag naintindihan mo na kung ano ang mahalaga, magiging malaya ang pagbabahagi, at anumang isyu ang dumating, magagawa mong ibahagi at maintindihan

ang realidad. Kung, kapag nagbabahagi ng mga salita ng Diyos, wala kang realidad, hindi mo pa naiintindihan kung ano ang mahalaga, na nagpapakita na hindi mo alam kung paano kumain at uminom ng mga salita ng Diyos. Maaaring nakakapagod para sa ilan ang pagbabasa ng mga salita ng Diyos, na hindi isang normal na kalagayan. Ang normal ay hindi mapagod kailanman sa pagbasa sa mga salita ng Diyos, palaging mauhaw para sa mga ito, at palaging iniisip na mabuti ang mga salita ng Diyos. Ganito kumain at uminom ng mga salita ng Diyos ang isang taong tunay na nakapasok. Kapag nadarama mo na ang mga salita ng Diyos ay masyadong praktikal at siya mismong dapat pasukin ng tao; kapag nadarama mo na napakalaking tulong at kapaki-pakinabang sa tao ang Kanyang mga salita, at na ang mga ito ang panustos sa buhay ng tao—ang Banal na Espiritu ang nagbibigay sa iyo ng damdaming ito, at ang Banal na Espiritu ang umaantig sa iyo. Pinatutunayan nito na ang Banal na Espiritu ay gumagawa sa iyo at na hindi ka pa tinalikuran ng Diyos. Ang ilang tao, na nakikita na ang Diyos ay laging nagsasalita, ay nagsasawa sa Kanyang mga salita, at iniisip na walang kahihinatnan kung basahin man nila ang mga ito o hindi—na hindi isang normal na kalagayan. Wala silang pusong nauuhaw na makapasok sa realidad, at ang gayong mga tao ay hindi nauuhaw ni nagpapahalaga na magawa silang perpekto. Tuwing nasusumpungan mo na hindi ka uhaw sa mga salita ng Diyos, nagpapakita ito na hindi normal ang iyong kalagayan. Noong araw, malalaman kung tumalikod na ang Diyos sa iyo kung payapa ang iyong kalooban at nakaranas ka ng kasiyahan o hindi. Ngayon ang mahalaga ay kung uhaw ka sa mga salita ng Diyos, kung ang Kanyang mga salita ay iyong realidad, kung ikaw ay tapat, at kung nagagawa mo ang lahat ng makakaya mo para sa Diyos. Sa madaling salita, hinahatulan ang tao sa pamamagitan ng realidad ng mga salita ng Diyos. Itinutuon ng Diyos ang Kanyang mga salita sa buong sangkatauhan. Kung handa kang basahin ang mga ito, liliwanagan ka Niya, ngunit kung hindi, hindi Niya gagawin iyon. Nililiwanagan ng Diyos ang mga nagugutom at uhaw sa katuwiran, at nililiwanagan Niya ang mga naghahanap sa Kanya. Sinasabi ng ilan na hindi sila niliwanagan ng Diyos kahit matapos nilang basahin ang Kanyang mga salita. Ngunit sa paanong paraan mo binasa ang mga salitang ito? Kung binasa mo ang Kanyang mga salita sa paraang tinitingnan ng isang taong nakakabayo ang mga bulaklak, at hindi pinahalagahan ang realidad, paano ka maliliwanagan ng Diyos? Paano Niya magagawang perpekto ang isang taong hindi nagpapahalaga sa mga salita ng Diyos? Kung hindi mo pinahalagahan ang mga salita ng Diyos, hindi mapapasaiyo ang katotohanan ni ang realidad. Kung pinahalagahan mo ang Kanyang mga salita, maisasagawa mo ang katotohanan, at saka lamang mapapasaiyo ang realidad. Kaya nga kailangan mong kainin at inumin ang mga salita ng Diyos sa lahat ng oras, abala ka man o hindi, masama man ang iyong sitwasyon o hindi, at sinusubukan ka man o hindi. Sa kabuuan, ang mga salita ng Diyos ang pundasyon ng pag-iral ng tao. Walang sinumang maaaring tumalikod sa Kanyang mga salita, kundi kailangang kumain ng Kanyang mga salita tulad ng pagkain nang tatlong beses sa isang araw. Ganoon ba kadalang magawang perpekto at maangkin ng

Diyos? Nauunawaan mo man o hindi sa ngayon, at mayroon ka mang kabatiran sa gawain ng Diyos o wala, kailangan mong kumain at uminom ng mga salita ng Diyos hangga't maaari. Ito ang pagpasok sa isang maagap na paraan. Matapos basahin ang mga salita ng Diyos, magmadaling isagawa kung ano ang kaya mong pasukin, at pansamantalang isantabi kung ano ang hindi mo kayang pasukin. Maaaring marami sa mga salita ng Diyos ang hindi mo maunawaan sa simula, ngunit pagkaraan ng dalawa o tatlong buwan, marahil ay kahit isang taon, mauunawaan mo ito. Paano mangyayari ito? Ito ay dahil hindi magagawang perpekto ng Diyos ang mga tao sa loob ng isa o dalawang araw. Madalas, kapag binasa mo ang Kanyang mga salita, maaaring hindi mo ito maunawaan kaagad. Sa sandaling iyon, maaaring tila mga salita lamang ang mga iyon; kailangan mong maranasan ang mga iyon nang ilang panahon bago mo maunawaan ang mga iyon. Dahil napakarami nang nasabi ng Diyos, dapat mong gawin ang lahat upang kainin at inumin ang Kanyang mga salita, at pagkatapos, hindi mo namamalayan, mauunawaan mo ang mga ito, at hindi mo namamalayan, liliwanagan ka ng Banal na Espiritu. Kapag nililiwanagan ng Banal na Espiritu ang tao, madalas ay lingid ito sa kaalaman ng tao. Nililiwanagan at ginagabayan ka Niya kapag ikaw ay nauuhaw at naghahanap. Ang prinsipyo kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu ay nakasentro sa mga salita ng Diyos na iyong kinakain at iniinom. Lahat ng hindi nagpapahalaga sa mga salita ng Diyos at palaging iba ang saloobin tungkol sa Kanyang mga salita—na naniniwala, sa kanilang magulong pag-iisip, na walang halaga kung binabasa nila ang Kanyang mga salita o hindi—ay yaong mga walang realidad. Hindi makikita ang gawain ng Banal na Espiritu ni ang kaliwanagang hatid Niya sa gayong tao. Ang mga taong katulad nito ay nagpapadala lamang sa agos, mga mapagpanggap na walang totoong mga kakayahan, tulad ni Mr. Nanguo sa talinghaga.^a

Kung wala ang mga salita ng Diyos bilang iyong realidad, wala kang tunay na tayog. Pagdating ng panahon ng pagsubok, tiyak na babagsak ka, at pagkatapos ay mabubunyag ang iyong tunay na tayog. Ngunit yaong mga regular na naghahangad na pumasok sa realidad, kapag puno ng mga pagsubok, ay nauunawaan ang layunin ng gawain ng Diyos. Ang isang taong may konsiyensya, at nauuhaw sa Diyos, ay dapat gumawa ng praktikal na pagkilos upang masuklian ang Diyos sa Kanyang pagmamahal. Yaong mga walang realidad ay hindi makakatayo nang matatag kahit sa harap ng walang-kuwentang mga bagay. Gayon ang pagkakaiba sa pagitan ng mga may tunay na tayog at ng mga wala. Bakit kaya ang ilan, bagama't sila ay kapwa kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, ay nagagawang tumayo nang matatag sa gitna ng mga pagsubok, samantalang ang iba ay tumatakas? Ang malinaw na pagkakaiba ay na walang tunay na tayog ang ilan; wala sa kanila ang mga salita ng Diyos upang magsilbing kanilang realidad, at ang Kanyang mga salita ay hindi nag-ugat sa kanilang kalooban. Kapag sinubukan na sila, narating na nila ang dulo ng kanilang landas. Kung gayon, bakit

^a Wala sa orihinal na teksto ang pariralang “sa talinghaga.”

nagagawang manindigan ng ilan sa gitna ng mga pagsubok? Dahil ito sa nauunawaan nila ang katotohanan at mayroon silang isang pangitain, at nauunawaan nila ang kalooban ng Diyos at ang Kanyang mga hinihingi, at sa gayon ay nagagawa nilang manindigan sa oras ng mga pagsubok. Ito ay tunay na tayog, at ito rin ay buhay. Maaari ding basahin ng ilan ang mga salita ng Diyos, ngunit hindi ito isinasagawa, hindi sineseryoso ang mga ito; yaong mga hindi sineseryoso ang mga ito ay hindi pinahahalagahan ang pagsasagawa. Yaong mga walang mga salita ng Diyos para magsilbing kanilang realidad ay yaong mga walang tunay na tayog, at ang gayong mga tao ay hindi makapanindigan nang matatag sa oras ng mga pagsubok.

Kapag lumalabas ang mga salita ng Diyos, dapat mong tanggapin kaagad ang mga ito, at kainin at inumin ang mga ito. Gaano man karami ang nauunawaan mo, ang isang pananaw na kailangan mong paniwalaan nang husto ay ang pagkain at pag-inom, pag-alam, at pagsasagawa ng Kanyang mga salita. Ito ay isang bagay na dapat mong magawa. Huwag mo nang isipin kung gaano kataas ang iyong magiging tayog; magtuon ka lamang sa pagkain at pag-inom ng Kanyang mga salita. Dito dapat makipagtulungan ang tao. Ang iyong espirituwal na buhay higit sa lahat ay sikaping pumasok sa realidad ng pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos at pagsasagawa ng mga iyon. Huwag mong pagtuunan ang anupamang ibang bagay. Dapat magabayan ng mga lider ng iglesia ang lahat ng kanilang kapatid para alam nila kung paano kumain at uminom ng mga salita ng Diyos. Ito ang responsibilidad ng bawat isang lider ng iglesia. Bata man sila o matanda, lahat ay dapat ituring ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos na napakahalaga at dapat isapuso ang Kanyang mga salita. Ang pagpasok tungo sa realidad na ito ay nangangahulugan ng pagpasok sa Kapanahunan ng Kaharian. Ngayon, pakiramdam ng karamihan ng mga tao ay hindi sila mabubuhay nang hindi kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, at pakiramdam nila ay sariwa ang Kanyang mga salita anumang oras. Ang ibig sabihin nito ay na nagsisimula silang tumahak sa tamang landas. Gumagamit ang Diyos ng mga salita upang gawin ang Kanyang gawain at tustusan ang tao. Kapag nasasabik at nauuhaw ang lahat para sa mga salita ng Diyos, papasok ang sangkatauhan sa mundo ng Kanyang mga salita.

Napakarami nang nasabi ng Diyos. Gaano karami ang nalaman mo? Gaano karami ang napasok mo? Kung hindi nagabayan ng isang lider ng iglesia ang kanilang mga kapatid tungo sa realidad ng mga salita ng Diyos, nagpabaya sila sa kanilang tungkulin, at nabigong tuparin ang kanilang mga responsibilidad! Malalim man o mababaw ang iyong pang-unawa, anuman ang antas ng iyong pang-unawa, kailangan mong malaman kung paano kumain at uminom ng Kanyang mga salita, kailangan mong pakinggan nang husto ang Kanyang mga salita, at unawain ang kahalagahan at pangangailangan ng pagkain at pag-inom ng mga iyon. Dahil napakarami nang nasabi ng Diyos, kung hindi mo kinakain at iniinom ang Kanyang mga salita, o sinisikap na matamo, o isagawa ang Kanyang mga salita, hindi ito matatawag na paniniwala sa Diyos. Dahil naniniwala ka sa Diyos, kailangan mong kainin at inumin ang Kanyang mga salita, danasin ang Kanyang

mga salita, at isabuhay ang Kanyang mga salita. Ito lamang ang matatawag na paniniwala sa Diyos! Kung naniniwala ka sa Diyos sa salita subalit hindi mo naisasagawa ang anumang Kanyang mga salita o nakakagawa ng anumang realidad, hindi ito tinatawag na paniniwala sa Diyos. Sa halip, ito ay “paghahanap ng tinapay upang pawiin ang gutom.” Ang pagsasalita lamang ng mga walang-kuwentang patotoo, walang-silbing mga bagay, at mababaw na mga bagay, nang wala ni katiting na realidad: hindi bumubuo ang mga ito ng paniniwala sa Diyos, at talagang hindi mo naintindihan ang tamang paraan ng paniniwala sa Diyos. Bakit mo kailangang kainin at inumin ang mga salita ng Diyos hangga’t maaari? Kung hindi ka kumakain at umiinom ng Kanyang mga salita kundi naghahangad ka lamang na makaakyat sa langit, paniniwala ba iyon sa Diyos? Ano ang unang hakbang na dapat gawin ng isang naniniwala sa Diyos? Sa anong landas ginagawang perpekto ng Diyos ang tao? Maaari ka bang magawang perpekto nang hindi ka kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos? Maituturing ka bang isang tao ng kaharian kung hindi nagsisilbing iyong realidad ang mga salita ng Diyos? Ano ba talaga ang ibig sabihin ng paniniwala sa Diyos? Ang mga nananampalataya sa Diyos ay dapat man lamang kumilos nang maayos sa labas; ang pinakamahalaga sa lahat ay ang mag-angkin ng mga salita ng Diyos. Anuman ang mangyari, hindi ka maaaring tumalikod kailanman mula sa Kanyang mga salita. Ang pagkilala sa Diyos at pagtupad sa Kanyang mga layunin ay nakakamit na lahat sa pamamagitan ng Kanyang mga salita. Sa hinaharap, bawat bansa, denominasyon, relihiyon, at sektor ay malulupig sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos. Magsasalita nang tuwiran ang Diyos, at lahat ng tao ay hahawakan ang mga salita ng Diyos sa kanilang mga kamay, at sa pamamagitan nito, magagawang perpekto ang sangkatauhan. Sa loob at sa labas, ang mga salita ng Diyos ay lumalaganap saanman: Sasambitin ng bibig ng sangkatauhan ang mga salita ng Diyos, magsasagawa alinsunod sa mga salita ng Diyos, at iingat sa kalooban ang mga salita ng Diyos, na nananatiling babad sa mga salita ng Diyos kapwa sa kilos at kalooban. Sa ganito magagawang perpekto ang sangkatauhan. Yaong mga tumutupad sa mga layunin ng Diyos at nagagawang magpatotoo sa Kanya, ito ang mga taong nagtataglay ng mga salita ng Diyos bilang kanilang realidad.

Ang pagpasok sa Kapanahunan ng Salita—ang Kapanahunan ng Milenyong Kaharian—ang gawaing isinasakatuparan ngayon. Mula ngayon, magsanay ng pagbabahagi tungkol sa mga salita ng Diyos. Tanging sa pagkain at pag-inom gayundin sa pagdanas ng mga salita ng Diyos mo maaaring isabuhay ang mga salita ng Diyos. Kailangan mong magkaroon ng ilang praktikal na karanasan upang makumbinsi ang iba. Kung hindi mo maisasabuhay ang realidad ng mga salita ng Diyos, walang mahihimok! Lahat ng kinakasangkapan ng Diyos ay maaaring isabuhay ang realidad ng mga salita ng Diyos. Kung hindi ka makalilikha ng realidad na ito at makakapagpatotoo sa Diyos, nagpapakita ito na hindi nakagawa sa iyo ang Banal na Espiritu, at na hindi ka pa nagawang perpekto. Ito ang kahalagahan ng mga salita ng Diyos. Mayroon ka bang pusong uhaw sa mga salita ng Diyos? Yaong mga uhaw sa mga salita ng Diyos ay uhaw sa katotohanan, at

ang gayong mga tao lamang ang pinagpapala ng Diyos. Sa hinaharap, marami pang salitang sasabihin ang Diyos sa lahat ng relihiyon at lahat ng denominasyon. Nagsasalita muna Siya at bumibigkas ng Kanyang tinig sa inyo upang gawin kayong ganap bago magpatuloy sa pagsasalita at pagbigkas ng Kanyang tinig sa mga Hentil upang lupigin sila. Sa pamamagitan ng Kanyang mga salita, lahat ay taos-puso at lubos na makukumbinsi. Sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos at sa Kanyang mga paghahayag, nababawasan ang tiwaling disposisyon ng tao, nagtatamo siya ng anyo ng isang tao, at nababawasan ang kanyang masuwaying disposisyon. Ang mga salita ay gumagawa sa taong may awtoridad at nilulupig ang tao sa loob ng liwanag ng Diyos. Ang gawaing ginagawa ng Diyos sa kasalukuyang kapanahunan, gayundin ang mga oras ng pagpapasya tungkol sa Kanyang gawain, ay matatagpuang lahat sa loob ng Kanyang mga salita. Kung hindi mo babasahin ang Kanyang mga salita, wala kang mauunawaan. Sa pamamagitan ng iyong sariling pagkain at pag-inom ng Kanyang mga salita, at pakikibahagi sa iyong mga kapatid at sa iyong aktwal na mga karanasan, matatamo mo ang buong kaalaman ng mga salita ng Diyos. Saka mo lamang magagawang tunay na maisabuhay ang realidad ng mga ito.

Ang Lahat ay Nakakamit sa Pamamagitan ng Salita ng Diyos

Binibigkas ng Diyos ang Kanyang mga salita at ginagawa ang Kanyang gawain ayon sa iba't ibang kapanahunan, at sa iba't ibang kapanahunan, bumibigkas Siya ng iba't ibang salita. Ang Diyos ay hindi sumusunod sa mga tuntunin, o nag-uulit ng katulad na gawain, o nakararamdam ng pangungulila para sa mga bagay ng nakaraan; Siya ay isang Diyos na laging bago at kailanma'y hindi naluluma, at bumibigkas Siya bawat araw ng mga bagong salita. Dapat kang sumunod sa mga dapat sundin ngayon; ito ang pananagutan at tungkulin ng tao. Napakahalaga na ang pagsasagawa ay nakatuon sa liwanag at mga salita ng Diyos sa kasalukuyan. Ang Diyos ay hindi sumusunod sa mga tuntunin, at nagagawang magsalita mula sa maraming magkakaibang pananaw upang gawing malinaw ang Kanyang karunungan at walang-hanggang kapangyarihan. Hindi mahalaga kung Siya man ay nangungusap mula sa pananaw ng Espiritu, o ng tao, o ng ikatlong persona—ang Diyos ay palaging Diyos, at hindi mo masasabi na Siya ay hindi Diyos dahil sa pananaw ng tao mula kung saan Siya nangungusap. Sa ilang tao ay may lumitaw na mga kuru-kuro bilang bunga ng magkakaibang pananaw mula kung saan nangungusap ang Diyos. Ang ganoong mga tao ay walang pagkaalam sa Diyos, at walang kaalaman sa Kanyang gawain. Kung ang Diyos ay laging nangungusap mula sa isang pananaw, hindi ba maglalalatag ang tao ng mga tuntunin tungkol sa Diyos? Mapahihintulutan kaya ng Diyos na kumilos ang tao sa ganoong paraan? Mula sa alinmang pananaw nangungusap ang Diyos, may mga layunin Siya sa paggawa ng

ganoon. Kung ang Diyos ay laging mangungusap mula sa pananaw ng Espiritu, magagawa mo kayang makipag-ugnayan sa Kanya? Kaya, kung minsan ay nangungusap Siya sa ikatlong persona upang pagkalooban ka ng Kanyang mga salita at gabayan ka tungo sa realidad. Lahat ng ginagawa ng Diyos ay naaangkop. Sa maikling salita, ginagawa itong lahat ng Diyos, at hindi mo ito dapat pagdudahan. Siya ay Diyos, at kaya kung saang pananaw man siya nagsasalita, lalagi Siyang Diyos. Ito ay isang di-nababagong katotohanan. Paano man Siya gumagawa, Siya ay Diyos pa rin, at ang pinakadiwa Niya ay hindi magbabago! Mahal na mahal ni Pedro ang Diyos at isang tao siya na kaayon ng puso ng Diyos, ngunit hindi siya sinaksihan ng Diyos bilang Panginoon o Cristo, sapagkat ang diwa ng isang nilalang ay kung ano iyon, at hindi kailanman magbabago. Sa Kanyang gawain, hindi sumusunod ang Diyos sa mga tuntunin, kundi gumagamit ng iba't ibang pamamaraan upang gawing mabisa ang Kanyang gawain at mapalalim ang kaalaman ng tao sa Kanya. Ang bawat paraan Niya ng paggawa ay nakatutulong sa tao na makilala Siya, at upang gawing perpekto ang tao. Anumang paraan ng paggawa ang ginagamit Niya, ang bawat isa ay upang buuin ang tao at gawing perpekto ang tao. Bagama't ang isa sa Kanyang paraan ng paggawa ay tumagal na nang napakahabang panahon, ito ay upang mapahinahon ang pananampalataya ng tao sa Kanya. Kaya't dapat ay walang alinlangan sa inyong puso. Ang lahat ng ito ang mga hakbang sa gawain ng Diyos, at dapat ninyong sundin ang mga ito.

Ang pinag-uusapan ngayon ay ang pagpasok sa realidad—hindi ang pag-akyat sa langit, o pamumuno bilang mga hari; ang lahat ng sinasabi ay ang pagtataguyod sa pagpasok sa realidad. Wala nang higit pang praktikal na pagtataguyod kaysa rito, at ang pag-usapan ang pamumuno bilang mga hari ay hindi praktikal. Taglay ng tao ang matinding pagkamausisa, at sinusukat pa rin niya ang gawain ng Diyos ngayon sa pamamagitan ng kanyang mga relihiyosong kuru-kuro. Matapos maranasan ang napakaraming paraan ng Diyos sa paggawa, hindi pa rin alam ng tao ang gawain ng Diyos, naghahanap pa rin siya ng mga tanda at mga kababalaghan, at tinitingnan pa rin kung ang mga salita ng Diyos ay natupad na. Hindi ba ito kagila-gilalas na kamangmangan? Kung hindi natupad ang mga salita ng Diyos, maniniwala ka pa rin ba na Siya ay Diyos? Sa ngayon, maraming ganoong mga tao sa iglesia ang naghihintay na makakita ng mga tanda at mga kababalaghan. Sinasabi nila na kung natutupad ang mga salita ng Diyos, Siya, kung gayon, ay Diyos; kung hindi natutupad ang mga salita ng Diyos, Siya, kung gayon, ay hindi Diyos. Naniniwala ka ba, kung gayon, sa Diyos dahil sa katuparan ng mga salita Niya, o dahil Siya ang Diyos Mismo? Ang pagtingin ng tao sa paniniwala sa Diyos ay dapat maiwasto! Kapag nakikita mo na hindi natutupad ang mga salita ng Diyos, kumakaripas ka ng takbo—ito ba ay paniniwala sa Diyos? Kapag naniniwala ka sa Diyos, dapat kang magpasakop sa pagsasaayos ng Diyos sa lahat ng bagay at sundin ang lahat ng gawain ng Diyos. Ang Diyos ay nangusap ng napakaraming salita sa Lumang Tipan—alin sa mga iyon ang nakita ng sarili mong mga mata na natupad? Masasabi mo ba na si Jehova ay hindi ang tunay na Diyos dahil hindi

mo iyon nakita? Bagama't maaaring marami nang salita ang natupad, walang kakayahan ang tao na makita iyon nang malinaw dahil wala sa tao ang katotohanan at wala siyang nauunawaan. Nais ng ilan na tumakbong palayo kapag nararamdaman nila na hindi natupad ang mga salita ng Diyos. Subukan mo. Tingnan mo kung makatatakbo kang palayo. Pagkatapos mong makalayo, babalik ka pa rin. Kinokontrol ka ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang salita, at kung iiwan mo ang iglesia at ang salita ng Diyos, mawawalan ka ng paraan para patuloy na mabuhay. Kung hindi ka naniniwala rito, subukan mo ito mismo—iniisip mo ba na maaaring basta ka na lamang makaalis? Kinokontrol ka ng Espiritu ng Diyos. Hindi ka makakaalis. Ito ay isang atas administratibo ng Diyos! Kung ibig ng ilang tao na subukan, magagawa nila! Sinasabi mong ang personang ito ay hindi Diyos, kaya magkasala ka laban sa Kanya at tingnan kung ano ang gagawin Niya. Maaari na hindi mamamatay ang iyong laman at magagawa mo pa ring pakainin at damitan ang iyong sarili, subalit sa isip ay hindi mo ito mababata; madarama mo ang bigat at ang hirap; walang magiging higit na masakit. Hindi matitiis ng tao ang hirap at pinsala sa pag-iisip—marahil ay nagagawa mong tiisin ang pagdurusa ng laman, ngunit lubos kang walang kakayahan na tiisin ang pagod sa pag-iisip at pangmatagalang pahirap. Ngayon, nagiging negatibo ang ilang tao dahil hindi pa nila nagawang makakita ng anumang mga tanda at himala, subalit walang sinumang nangangahas na tumakbong palayo gaano man sila maging negatibo, sapagkat kinokontrol ng Diyos ang tao sa pamamagitan ng Kanyang salita. Sa kabila ng kawalan ng pagsapit ng mga katotohanan, wala pa ring makatatakas. Hindi ba't mga kilos ng Diyos ang mga ito? Ngayon, ang Diyos ay naparito sa lupa upang pagkalooban ang tao ng buhay. Hindi ka Niya sinusuyo, tulad ng inilalarawan sa isip ng tao, sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga tanda at kababalaghan upang tiyakin ang isang mapayapang ugnayan sa pagitan ng Diyos at ng tao. Ang lahat niyaong hindi nagtutuon ng pansin sa buhay, at sa halip ay nakatuon na gawin ang Diyos na magpakita ng mga tanda at mga kababalaghan, ay mga Pariseo! At ang mga Pariseo ang nagpapakoy kay Jesus sa krus. Kung sinusukat mo ang Diyos ayon sa iyong sariling pananaw tungkol sa paniniwala sa Diyos, naniniwala sa Diyos kung ang Kanyang mga salita ay natutupad, at kung hindi ay nag-aalinlangan at lumalapastangan pa nga sa Diyos, kung gayon, hindi mo ba Siya ipinapako sa krus? Ang mga taong tulad nito ay pabaya sa kanilang mga tungkulin, at buong kasakimang nagpapakasaya sa kaginhawahan!

Sa isang dako, ang pinakamalaking suliranin sa tao ay yaong hindi niya alam ang gawain ng Diyos. Bagama't ang saloobin ng tao ay hindi isang pagtatatwa, ito ay isang pag-aalinlangan. Hindi nagtatatwa ang tao, subalit hindi rin siya ganap na kumikilala. Kung ang mga tao ay may masinsing kaalaman sa gawain ng Diyos, hindi sila tatakbong palayo. Ang isa pang suliranin ay na hindi alam ng tao ang realidad. Ngayon, sa salita ng Diyos nakipag-ugnayan ang bawat tao; tunay nga, sa hinaharap, hindi mo dapat isipin na makamalas ng mga tanda at mga kababalaghan. Sinasabi Ko sa iyo nang malinaw: Sa panahon ng kasalukuyang yugto, ang lahat lamang ng kaya mong makita ay ang

mga salita ng Diyos, at bagama't walang mga katunayan, ang buhay ng Diyos ay maihuhubog pa rin sa tao. Ito ang gawain na siyang pangunahing gawain ng Milenyong Kaharian, at kung hindi mo mahihiwatigan ang gawaing ito, ikaw ay magiging mahina at babagsak ka; bababa ka sa gitna ng mga pagsubok at, higit pang malungkot, mabibihag ni Satanas. Naparito ang Diyos sa lupa pangunahin upang bigkasin ang Kanyang mga salita; ang nakakaugnayan mo ay ang salita ng Diyos, ang nakikita mo ay ang salita ng Diyos, ang naririnig mo ay ang salita ng Diyos, ang sinusunod mo ay ang salita ng Diyos, ang nararanasan mo ay ang salita ng Diyos, at itong pagkakatawang-tao ng Diyos ay pangunahing gumagamit ng salita upang gawing perpekto ang tao. Hindi Siya nagpapakita ng mga tanda at kababalaghan, at lalo nang hindi ginagawa ang gawaing ginawa ni Jesus noong nakaraan. Bagama't Sila ay Diyos, at kapwa katawang-tao, hindi magkatulad ang Kanilang mga ministryo. Nang dumating si Jesus, ginawa rin Niya ang bahagi ng gawain ng Diyos, at nangusap ng ilang salita—subalit ano ang pangunahing gawain na tinupad Niya? Ang pangunahing tinupad Niya ay ang gawain ng pagpapapako sa krus. Naging kawangis Siya ng makasalanang laman upang kumpletuhin ang gawain ng pagpapapako sa krus at tubusin ang buong sangkatauhan, at alang-alang sa kasalanan ng buong sangkatauhan na Siya ay nagsilbi bilang alay para sa kasalanan. Ito ang pangunahing gawain na tinupad Niya. Sa huli, inilatag Niya ang landas ng krus upang gabayan yaong mga sumunod. Nang dumating si Jesus, ito ay pangunahin para kumpletuhin ang gawain ng pagtubos. Tinubos Niya ang buong sangkatauhan, at dinala ang ebanghelyo ng kaharian ng langit sa tao, at, dagdag pa, dinala Niya ang landas tungo sa kaharian ng langit. Bilang bunga, lahat yaong mga sumunod ay nagsabing, “Dapat tayong lumakad sa landas ng krus, at ialay ang ating mga sarili para sa krus.” Mangyari pa, sa pasimula, gumawa rin si Jesus ng ilang iba pang gawain at nangusap ng ilang salita upang papagsisihin ang tao at papagkumpisalin ng kanyang mga kasalanan. Subalit ang Kanyang ministryo ay ang pagpapapako pa rin sa krus, at ang tatlo't kalahating taon na ginugol Niya sa pangangaral ng daan ay bilang paghahanda para sa pagpapapako sa krus na sumunod. Ang maraming ulit na nanalangin si Jesus ay alang-alang din sa pagpapapako. Ang buhay ng isang normal na tao na ipinamuhay Niya at ang tatlumpu't tatlong taon na nabuhay Siya sa lupa ay pangunahing alang-alang sa pagkukumpleto ng gawain ng pagpapapako sa krus; ang mga iyon ay upang magbigay sa Kanya ng lakas na maisagawa ang gawaing ito, kung saan ang bunga ay ang pagkakatiwala ng Diyos sa Kanya ng gawaing pagpapapako sa krus. Anong gawain ang tutuparin ngayon ng Diyos na nagkatawang-tao? Ngayon, ang Diyos ay pangunahing nagkatawang-tao upang kumpletuhin ang gawain ng “ang Salita na nagpapakita sa katawang-tao,” upang gamitin ang salita para gawing perpekto ang tao, at ipatanggap sa tao ang pakikitungo sa salita at ang pagpipino ng salita. Sa Kanyang mga salita, Siya ay nagsasanhi sa iyo na matamo ang panustos at matamo ang buhay; sa Kanyang mga salita, nakikita mo ang Kanyang gawain at mga gawa. Ginagamit ng Diyos ang salita upang kastiguhin at pinuhin ka, at sa gayon, kung daranas ka ng hirap, ito ay dahil din

sa salita ng Diyos. Ngayon, ang Diyos ay hindi gumagawa na gamit ang mga katunayan, kundi mga salita. Pagkatapos na ang salita Niya ay makarating sa iyo, saka lamang makagagawa ang Banal na Espiritu sa kalooban mo at makapagsasanhi sa iyo na magdusa ng sakit o makaramdam ng katamisan. Tanging ang salita ng Diyos ang makapagdadala sa iyo tungo sa realidad, at tanging ang salita ng Diyos ang may kakayahang gawin kang perpekto. At sa gayon, dapat mo man lamang maunawaan ito: Ang gawaing ginagawa ng Diyos sa mga huling araw ay pangunahing ang paggamit ng Kanyang salita upang gawing perpekto ang bawat tao at gabayan ang tao. Ang lahat ng gawain na ginagawa Niya ay sa pamamagitan ng salita; hindi Siya gumagamit ng mga katunayan upang kastiguhin ka. May mga panahon na ang ilang tao ay lumalaban sa Diyos. Hindi nagsasanhi ang Diyos ng matinding kawalang-ginhawa para sa iyo, ang iyong laman ay hindi kinakastigo, o nagdaranas ka ng hirap—subali't sa sandaling dumarating sa iyo ang Kanyang salita, at pinipino ka, hindi mo ito mababata. Hindi ba't gayon nga? Sa panahon ng mga taga-serbisyo, sinabi ng Diyos na itapon ang tao sa walang-hanggang kalaliman. Tunay nga bang umabot ang tao sa walang-hanggang kalaliman? Sa pamamagitan lamang ng paggamit ng mga salita upang pinuhin ang tao, pumasok ang tao sa walang-hanggang kalaliman. At sa gayon, sa mga huling araw, sa pagkakatawang-tao ng Diyos, pangunahin Niyang ginagamit ang salita upang tuparin ang lahat at gawing malinaw ang lahat. Sa Kanyang mga salita mo lamang makikita kung ano Siya; sa Kanyang mga salita mo lamang makikita na Siya ang Diyos Mismo. Kapag ang Diyos na nagkatawang-tao ay naparito sa lupa, wala Siyang ibang ginagawa kundi ang mangusap ng mga salita—kaya hindi na kailangan ang mga katunayan; sapat na ang mga salita. Yaon ay sapagkat pangunahing naparito Siya upang gawin ang gawaing ito, upang pahintulutan ang tao na mamasdan ang Kanyang lakas at kataas-taasang kapangyarihan sa Kanyang mga salita, upang pahintulutan ang tao na makita sa Kanyang mga salita kung paano Niya mapagkumbabang ikinukubli ang Kanyang Sarili, at upang pahintulutan ang tao na malaman ang Kanyang kabuuan sa Kanyang mga salita. Ang lahat ng mayroon Siya at ang lahat ng kung ano Siya ay nasa Kanyang mga salita. Ang Kanyang karunungan at pagiging kamangha-mangha ay nasa Kanyang mga salita. Sa ganito ipinakikita sa iyo ang maraming paraan kung paano winiwika ng Diyos ang Kanyang mga salita. Karamihan sa gawain ng Diyos sa buong panahong ito ay pagtutustos, paghahayag at pakikitungo sa tao. Hindi Niya sinusumpa ang isang tao nang babahagya, at kahit na ginagawa pa Niya, ito ay sa pamamagitan ng salita. At sa gayon, sa kapanahunang ito ng Diyos na naging tao, huwag mong subukang makita ang Diyos na muling nagpapagaling ng maysakit at nagpapalayas ng mga demonyo, at itigil mo ang palagiang paghahanap ng mga tanda—wala itong saysay! Hindi magagawang perpekto ang tao ng mga tandang iyon! Sa malinaw na pananalita: Ngayon, ang totoong Diyos Mismo na nagkatawang-tao ay hindi kumikilos; nangungusap lamang Siya. Ito ang katotohanan! Gumagamit Siya ng mga salita upang gawin kang perpekto, at gumagamit ng mga salita upang pakainin at diligan ka. Gumagamit din Siya ng mga salita upang

gumawa, at gumagamit Siya ng mga salita sa halip na mga katunayan upang ipaalam sa iyo ang Kanyang realidad. Kung may kakayahan kang mahiwatigan ang paraang ito ng gawain ng Diyos, mahirap na sa gayong maging negatibo. Sa halip na pagtuunan ng pansin ang mga bagay na negatibo, dapat ninyong pagtuunan ng pansin yaong mga positibo lamang—na ibig sabihin, natutupad man o hindi ang mga salita ng Diyos, o mayroon man o walang pagdating ng mga katunayan, nagsasanhi ang Diyos na matamo ng tao ang buhay mula sa Kanyang mga salita, at ito ang pinakadakila sa lahat ng tanda; at lalong higit pa, ito ay isang di-mapapasubaliang katunayan. Ito ang pinakamainam na katibayan na magagamit sa pagkilala sa Diyos, at mas dakila pang tanda kaysa mga tanda. Tanging ang mga salitang ito ang makakagawang perpekto sa tao.

Halos kasabay ng simula ng Kapanahunan ng Kaharian, sinimulan ng Diyos na magbitaw ng Kanyang mga salita. Sa hinaharap, unti-unting matutupad ang mga salitang ito, at sa panahong iyan, ang tao ay magiging husto ang karanasan sa buhay. Higit na tunay, at higit na kailangan ang paggamit ng Diyos ng salita upang ibunyag ang tiwaling disposisyon ng tao, at wala Siyang ginagamit kundi ang salita upang gawin ang Kanyang gawain na magawang perpekto ang pananampalataya ng tao, sapagkat Kapanahunan ng Salita ngayon, at nangangailangan ito ng pananampalataya, kapasiyahan, at pakikipagtulungan ng tao. Paggamit ng Kanyang salita ang gawain ng Diyos na nagkatawang-tao ng mga huling araw upang maglingkod at maglaan para sa tao. Magsisimulang matupad lamang ang mga iyon pagkaraang nakapangusap ng Kanyang mga salita ang Diyos na nagkatawang-tao. Sa panahon na Siya ay nangungusap, hindi natutupad ang Kanyang mga salita, sapagkat kapag nasa yugto Siya ng katawang-tao, hindi matutupad ang Kanyang mga salita. Ito ay upang mangyari na makita ng tao na katawang-tao at hindi Espiritu ang Diyos; upang sa gayon ay makita ng tao sa sarili niyang mga mata ang realidad ng Diyos. Sa araw na tapos na ang Kanyang gawain, kapag nasabi na ang lahat ng salita na dapat mawika Niya sa lupa, magsisimulang matupad ang Kanyang mga salita. Hindi ngayon ang kapanahunan ng katuparan ng mga salita ng Diyos, sapagkat hindi pa Siya natatapos magwika ng Kanyang mga salita. Kaya't kapag nakita mo na nagwiwika pa rin ang Diyos ng Kanyang mga salita sa lupa, huwag hintayin ang katuparan ng Kanyang mga salita; kapag huminto na ang Diyos sa pagsasabi ng Kanyang mga salita, at kapag natapos na ang Kanyang gawain sa lupa, iyon na ang simula na matupad ang Kanyang mga salita. Sa mga salitang winiwika Niya sa lupa, sa isang pagtingin ay mayroon nang pagkakaloob ng buhay, at sa isa pang pagtingin ay may hula—ang hula ng mga bagay na darating, ng mga bagay na gagawin, at ng mga bagay na tutuparin pa lamang. May hula rin sa mga salita ni Jesus. Sa isang pagtingin, nagbigay Siya ng buhay, at sa isa pang pagtingin, nangusap Siya ng hula. Ngayon, walang sinasabi tungkol sa sabay na pagsasakatuparan ng mga salita at mga katunayan sapagkat may napakalaking pagkakaiba sa pagitan ng kayang makita ng tao ng sarili niyang mga mata at ng ginagawa ng Diyos. Masasabi lamang na sa sandaling natapos na ang gawain ng Diyos, matutupad ang Kanyang mga salita, at mangyayari

ang mga katunayan pagkaraan ng mga salita. Sa mga huling araw, gumagampan ng ministeryo ng salita ang Diyos na nagkatawang-tao, at sa paggampan ng ministeryo ng salita, nangungusap lamang Siya ng mga salita, at hindi alintana ang ibang mga bagay. Sa sandaling magbago ang gawain ng Diyos, magsisimulang matupad ang Kanyang mga salita. Ngayon, unang ginagamit ang mga salita upang gawin kang perpekto; kapag natamo Niya ang kaluwalhatian sa buong sansinukob, tapos na ang Kanyang gawain—mangyayaring nasabi na ang lahat ng salitang dapat masabi, at mangyayaring naging mga katunayan na ang lahat ng salita. Naparito sa lupa ang Diyos sa panahon ng mga huling araw upang gampanan ang ministeryo ng salita, upang mangyari na makilala Siya ng tao, at upang mangyari na makita ng tao kung ano Siya, at makita ang Kanyang karunungan at lahat ng Kanyang kamangha-manghang mga gawa mula sa Kanyang salita. Sa Kapanahunan ng Kaharian, pangunahing ginagamit ng Diyos ang salita upang lupigin ang lahat ng sangkatauhan. Sa hinaharap, darating ang Kanyang salita sa bawat relihiyon, sektor, bansa at denominasyon. Ginagamit ng Diyos ang salita upang manlupig, upang magawang makita ng lahat ng tao na nagtataglay ang Kanyang salita ng awtoridad at kapangyarihan—at kaya ngayon, hinaharap niyo lamang ang salita ng Diyos.

Iba ang mga salita na winika ng Diyos sa kapanahunang ito sa mga winika noong Kapanahunan ng Kautusan, at kaya, gayon din, naiiba ang mga iyon mula sa mga salita na winika noong Kapanahunan ng Biyaya. Sa Kapanahunan ng Biyaya, hindi ginawa ng Diyos ang gawain ng salita, kundi isinalarawan lamang ang pagpapapako sa krus upang tubusin ang buong sangkatauhan. Isinasalarawan lamang ng Bibliya kung bakit kailangang ipako sa krus si Jesus, at ang mga pagdurusang dinanas Niya sa krus, at kung paanong dapat maipako sa krus ang tao para sa Diyos. Sa kapanahunang iyon, nakatuon sa pagpapapako sa krus ang lahat ng gawain na ginawa ng Diyos. Sa Kapanahunan ng Kaharian, nagwiwika ang Diyos na nagkatawang-tao ng mga salita upang lupigin ang lahat ng naniniwala sa Kanya. Ito ay “ang Salita na nagpapakita sa katawang-tao”; dumating ang Diyos sa panahon ng mga huling araw upang gawin ang gawaing ito, na ang ibig sabihin, naparito Siya upang tuparin ang aktwal na kabuluhan ng Salita na nagpapakita sa katawang-tao. Nagwiwika lamang Siya ng mga salita, at bihirang may pagdating ng mga katunayan. Ito ang pinakadiwa ng Salita na nagpapakita sa katawang-tao, at kapag nagwiwika ng Kanyang mga salita ang Diyos na nagkatawang-tao, ito ang pagpapakita ng Salita sa katawang-tao, at ang Salita na nagiging katawang-tao. “Nang pasimula siya ang Verbo, at ang Verbo ay sumasa Diyos, at ang Verbo ay Diyos, at nagkatawang-tao ang Verbo.” Ito (ang gawain ng pagpapakita ng Salita sa katawang-tao) ay ang gawain na tutuparin ng Diyos sa mga huling araw, at ang huling kabanata ng Kanyang buong plano ng pamamahala, at naparito nga ang Diyos sa lupa at naghayag ng Kanyang mga salita sa katawang-tao. Yaong ginagawa ngayon, yaong gagawin sa hinaharap, yaong tutuparin ng Diyos, ang huling hantungan ng tao, yaong mga maliligtas, yaong mga mawawasak, at iba pa—maliwanag nang nakasaad ang

lahat ng gawaing ito na dapat makamit sa katapusan, at ang lahat ay upang tuparin ang aktwal na kabuluhan ng Salita na nagpapakita sa katawang-tao. Ang mga atas administratibo at saligang-batas na dati nang nailabas, yaong mga mawawasak, yaong mga mamamahinga—dapat na matupad ang lahat ng salitang ito. Ito ang gawaing pangunahing natupad ng Diyos na nagkatawang-tao sa panahon ng mga huling araw. Pinangyayari Niya ang mga tao na maunawaan kung saan nabibilang yaong mga itinadhana ng Diyos at kung saan nabibilang yaong mga hindi itinadhana ng Diyos, kung paano mapapagbukud-bukod ang Kanyang mga tao at mga anak, ano ang mangyayari sa Israel, ano ang mangyayari sa Ehipto—sa hinaharap, matutupad ang bawat isa sa mga salitang ito. Bumibilis ang mga hakbang ng gawain ng Diyos. Ginagamit ng Diyos ang salita bilang paraan upang ihayag sa tao kung ano ang gagawin sa bawat kapanahunan, kung ano ang gagawin sa mga huling araw ng Diyos na nagkatawang-tao, at ang ministeryo na Kanyang gagampanan, at lahat ng salitang ito ay upang isakatuparan ang aktuwal na kabuluhan ng pagpapakita ng Salita sa katawang-tao.

Dati Ko nang nasabi na “Tatalikdan ang lahat na nakatuon sa pagmamasid ng mga tanda at mga kababalaghan; hindi sila yaong mga magagawang perpekto.” Nakapagwika Ako ng napakaraming salita, ngunit ang tao ay wala ni bahagyang kaalaman sa gawaing ito, at, pagkaraang makarating sa puntong ito, humihingi pa rin ang tao ng mga tanda at mga kababalaghan. Ang paniniwala mo ba sa Diyos ay paghahabol lamang sa mga tanda at mga kababalaghan, o ito ba ay upang makapagtamo ng buhay? Nagwika rin si Jesus ng maraming salita, at hindi pa natutupad ngayon ang ilan sa mga ito. Masasabi mo bang si Jesus ay hindi Diyos? Nagpatotoo ang Diyos na Siya ay si Cristo at ang minamahal na Anak ng Diyos. Maitatatwa mo ba ito? Ngayon, bumibigkas lamang ang Diyos ng mga salita, at kung hindi mo ito lubos na nalalaman, kung gayon ay hindi ka makapaninindigan. Naniniwala ka ba sa Kanya dahil Siya ay Diyos, o naniniwala ka ba sa Kanya batay sa kung natutupad o hindi ang Kanyang mga salita? Naniniwala ka ba sa mga tanda at mga kababalaghan, o naniniwala ka ba sa Diyos? Ngayon, hindi Siya nagpapakita ng mga tanda at mga kababalaghan—tunay ba Siyang Diyos? Kung hindi natutupad ang mga salita na Kanyang winiwika, Siya ba ay tunay na Diyos? Natutukoy ba ang diwa ng Diyos sa kung natutupad o hindi ang winiwika Niyang mga salita? Bakit ba may ilang tao na laging naghihintay sa katuparan ng mga Salita ng Diyos bago sila maniwala sa Kanya? Nangangahulugan ba ito na hindi nila Siya kilala? Mga taong nagtatatwa sa Diyos ang lahat ng nag-aangkin ng ganoong mga kuru-kuro. Ginagamit nila ang mga kuru-kuro upang sukatin ang Diyos; kung natutupad ang mga salita ng Diyos, naniniwala sila sa Diyos, at kung hindi, hindi sila naniniwala sa Kanya; at lagi nilang tinutugis ang mga tanda at mga kababalaghan. Hindi ba’t ang mga taong ito ang mga Pariseo ng mga makabagong panahon? Nakatitindig ka man nang matatag o hindi ay batay sa kung nakikilala mo o hindi ang tunay na Diyos—napakahalaga nito! Mas malaki ang realidad ng salita ng Diyos sa iyo, mas malaki ang iyong kaalaman sa realidad ng Diyos, at mas nakakaya mong magpakatibay sa panahon ng mga pagsubok.

Mas nakatuon kang makakita ng mga tanda at mga kababalaghan, mas hindi mo nakakayang tumindig nang matatag, at babagsak ka sa gitna ng mga pagsubok. Hindi ang mga tanda at mga kababalaghan ang pundasyon; tanging ang realidad ng Diyos ang buhay. May ilang tao na hindi alam ang mga epekto na makakamit ng gawain ng Diyos. Ginugugol nila ang kanilang mga araw sa kalituhan, hindi itinataguyod ang kaalaman sa gawain ng Diyos. Ang layunin ng kanilang pagtataguyod ay lagi lamang ipatupad sa Diyos ang kanilang mga ninanasa, at saka lamang sila magiging dibdiban sa kanilang paniniwala. Sinasabi nila na kanilang itataguyod ang buhay kung natutupad ang mga salita ng Diyos, ngunit kung hindi natutupad ang mga salita Niya, kung gayon ay walang posibilidad na kanilang itaguyod ang buhay. Iniisip ng tao na ang paniniwala sa Diyos ay ang pagtataguyod sa pagkakita ng mga tanda at mga kababalaghan at ang pagtataguyod sa pag-akyat sa langit at sa ikatlong langit. Walang sinuman sa kanila ang nagsasabi na ang kanilang paniniwala sa Diyos ay ang pagtataguyod sa pagpasok sa realidad, ang pagtataguyod sa buhay, at ang pagtataguyod na makamit ng Diyos. Anong kahalagahan mayroon ang pagtataguyod na tulad nito? Yaong mga hindi nagtataguyod ng pagkakilala sa Diyos at sa kaluguran ng Diyos ay yaong mga hindi naniniwala sa Diyos; sila ang mga lumalapastangan sa Diyos!

Ngayon nauunawaan ba ninyo kung ano ang paniniwala sa Diyos? Nangangahulugan ba ang paniniwala sa Diyos ng pagkakita ng mga tanda at mga kababalaghan? Nangangahulugan ba ito ng pag-akyat sa langit? Hindi madali kahit bahagya ang paniniwala sa Diyos. Dapat maalis ang gayong mga relihiyosong pagsasagawa ng pagtataguyod sa paglunas sa mga maysakit at pagpapatalsik sa mga demonyo, ang pagtutuon sa mga tanda at kababalaghan, pagnanasa sa higit pang biyaya, kapayapaan at kagalakan ng Diyos, paghahabol ng mga pagkakataon at mga kaginhawahan ng laman—pawang relihiyosong gawi ang mga ito, at malabong uri ng paniniwala ang mga ganoong relihiyosong gawi. Ano ang tunay na paniniwala sa Diyos ngayon? Ito ay ang pagtanggap sa salita ng Diyos bilang realidad ng buhay mo at ang pagkilala sa Diyos mula sa Kanyang salita upang makamit ang tunay na pagmamahal sa Kanya. Upang maging malinaw: Ang paniniwala sa Diyos ay upang sumunod ka sa Diyos, mahalin ang Diyos, at gampanan ang tungkulin na dapat gampanan ng isang nilikha ng Diyos. Ito ang layunin ng paniniwala sa Diyos. Dapat mong kamtin ang isang pagkakilala sa pagiging kaibig-ibig ng Diyos, sa kung gaano karapat-dapat ang Diyos sa paggalang, sa kung paano, sa Kanyang mga nilikha, ginagawa ng Diyos ang gawain ng pagliligtas at ginagawa silang perpekto—ito ang mga pinakamahalagang dapat taglayin ng iyong paniniwala sa Diyos. Ang paniniwala sa Diyos sa pangunahin ay ang paglipat mula sa isang pamumuhay ng laman tungo sa isang buhay ng pagmamahal sa Diyos; mula sa pamumuhay na nakapaloob sa katiwalian tungo sa pamumuhay na nakapaloob sa buhay ng mga salita ng Diyos; ito ay paglabas mula sa ilalim ng sakop ni Satanas at pamumuhay sa ilalim ng pangangalaga at pag-iingat ng Diyos, ito ay ang nakakayanang makamit ang pagkamasunurin sa Diyos at hindi ang pagkamasunurin sa laman, ito ay

pagpapahintulot sa Diyos na makamit ang iyong buong puso, pagpapahintulot sa Diyos na gawin kang perpekto, at pagpapalaya sa iyong sarili mula sa tiwaling mala-satanas na disposisyon. Pangunahin ang paniniwala sa Diyos upang ang kapangyarihan at kaluwalhatian ng Diyos ay mangyaring mahayag sa iyo, nang sa gayon maaari mong gawin ang kalooban ng Diyos, at tuparin ang plano ng Diyos, at magawang patotohanan ang Diyos sa harap ni Satanas. Ang paniniwala sa Diyos ay hindi dapat umikot sa pagnanais na makita ang mga tanda at mga kababalaghan, o hindi ito dapat alang-alang sa iyong personal na laman. Tungkol ito dapat sa pagtataguyod sa pagkilala sa Diyos, at kakayahang sumunod sa Diyos, at, tulad ni Pedro, sumunod sa Kanya hanggang kamatayan. Ito ang mga pangunahing layunin ng paniniwala sa Diyos. Ang pagkain at pag-inom ng salita ng Diyos ay upang makilala ang Diyos at upang ikalugod Niya. Ang pagkain at pag-inom ng salita ng Diyos ay nagbibigay sa iyo ng higit na pagkakilala sa Diyos, at pagkaraan lamang nito makasusunod ka sa Diyos. Tanging kung may pagkakilala ka sa Diyos na magagawa mong ibigin Siya, at ito ang layuning dapat taglayin ng tao sa kanyang paniniwala sa Diyos. Kung, sa iyong paniniwala sa Diyos, palagi mong sinusubukang makita ang mga tanda at mga kababalaghan, mali kung gayon ang pananaw ng ganitong paniniwala sa Diyos. Ang paniniwala sa Diyos ay pangunahing pagtanggap sa mga salita ng Diyos bilang realidad ng buhay. Makakamit lamang ang layunin ng Diyos sa pagsasagawa ng mga salita ng Diyos mula sa Kanyang bibig at pagsasakatuparan ng mga iyon sa iyong sariling kalooban. Sa paniniwala sa Diyos, dapat magpunyagi ang tao na magawang perpekto ng Diyos, ang makayanang magpasakop sa Diyos, at para sa ganap na pagkamasunurin sa Diyos. Kung masusunod mo ang Diyos nang hindi dumaraing, isaisip ang mga ninanais ng Diyos, kamtin ang tayog ni Pedro, at taglayin ang pamamaraan ni Pedro na sinabi ng Diyos, diyan mo matatamo ang tagumpay sa paniniwala sa Diyos, at ito ang magpapahiwatig na nakamtan ka na ng Diyos.

Ginagawa ng Diyos ang Kanyang gawain sa buong sansinukob. Dapat tanggapin ng lahat ng paniniwala sa Kanya ang Kanyang salita, at kainin at inumin ang Kanyang salita; walang sinuman ang makakamit ng Diyos sa pamamagitan ng pagkakita sa mga tanda at mga kababalaghan na ipinamalas ng Diyos. Sa buong mga kapanahunan, laging ginagamit ng Diyos ang salita upang gawing perpekto ang tao. Kaya't hindi ninyo dapat iniuukol ang lahat ng inyong pansin sa mga tanda at mga kababalaghan, bagkus ay dapat magsikap na magawang perpekto ng Diyos. Sa Kapanahunan ng Kautusan sa Lumang Tipan, nagwika ang Diyos ng ilang salita, at sa Kapanahunan ng Biyaya, nagwika din si Jesus ng maraming salita. Pagkaraang sumambit ni Jesus ng maraming salita, pinamunuan ng mga sumunod na apostol at disipulo ang mga tao sa pagsasagawa ayon sa mga kautusang ipinalabas ni Jesus at nakaranas sila ayon sa mga salita at prinsipyong winika ni Jesus. Sa mga huling araw, pangunahing gumagamit ang Diyos ng salita upang gawing perpekto ang tao. Hindi Siya gumagamit ng mga tanda at mga kababalaghan upang apihin ang tao, o hikayatin ang tao; hindi nito makakayang gawing

malinaw ang kapangyarihan ng Diyos. Kung nagpakita lamang ang Diyos ng mga tanda at mga kababalaghan, kung gayon ay magiging imposible na gawing malinaw ang realidad ng Diyos, at sa gayon ay imposibleng gawing perpekto ang tao. Hindi ginagawang perpekto ng Diyos ang tao sa pamamagitan ng mga tanda at mga kababalaghan, bagkus ay gumagamit ng salita upang diligan at patnubayan ang tao, pagkatapos nito ay ang pagtatamo ng ganap na pagkamasunurin ng tao at pagkakilala ng tao sa Diyos. Ito ang layunin ng gawaing ginagawa Niya at ng mga salitang winiwika Niya. Hindi ginagamit ng Diyos ang paraan ng pagpapakita ng mga tanda at mga kababalaghan upang gawing perpekto ang tao—gumagamit Siya ng mga salita, at gumagamit ng maraming iba't ibang pamamaraan ng gawain upang gawing perpekto ang tao. Maging ito man ay ang pagpipino, pakikitungo, pagtatabas, o pagtutustos ng mga salita, nagsasalita ang Diyos mula sa maraming iba't ibang perspektibo upang gawing perpekto ang tao, at upang bigyan ang tao ng mas malaking kaalaman sa gawain, karunungan at pagiging kamangha-mangha ng Diyos. Kapag ang tao ay nagagawang ganap sa panahon na tinatapos ng Diyos ang kapanahunan sa mga huling araw, magiging kwalipikado siya na tumingin sa mga tanda at himala. Kapag nakilala mo ang Diyos at nagawa mong sundin ang Diyos anuman ang gawin Niya, hindi ka na magkakaroon ng anumang mga kurukuro tungkol sa Kanya kapag nakakita ka ng mga tanda at kababalaghan. Sa sandaling ito, ikaw ay tiwali at walang kakayahang ganap na sumunod sa Diyos—iniisip mo ba na kwalipikado kang makakita ng mga tanda at mga kababalaghan sa ganitong kalagayan? Kapag nagpapamalas ang Diyos ng mga tanda at mga kababalaghan, iyan na ang pagpaparusa ng Diyos sa tao, at gayundin, kapag nagbabago ang kapanahunan, at, dagdag pa, kapag nagwawakas ang kapanahunan. Kapag normal na isinasakatuparan ang gawain ng Diyos, hindi Siya nagpapakita ng mga tanda at mga kababalaghan. Napakadali para sa Kanya na magpakita ng mga tanda at mga kababalaghan, ngunit hindi iyan ang prinsipyo ng gawain ng Diyos, o ang layunin ng pamamahala ng Diyos sa tao. Kapag nakakita ang tao ng mga tanda at mga kababalaghan, at kung magpapakita sa tao ang espirituwal na katawan ng Diyos, hindi kaya maniniwala sa Diyos ang lahat ng tao? Dati Ko nang nasabi na natatamo mula sa Silangan ang isang pangkat ng mga mananagumpay, mga mananagumpay na nagmumula sa gitna ng malaking kapighatian. Ano ang ibig sabihin ng mga salitang ito? Ang ibig sabihin ng mga ito ay ang mga taong ito na natamo na ay tunay lamang na sumunod matapos dumaan sa paghatol at pagkastigo, at pakikitungo at pagtatabas, at lahat ng uri ng pagpipino. Hindi malabo at mahirap unawain, bagkus ay tunay ang paniniwala ng mga ganoong tao. Hindi pa sila nakakakita ng anumang mga tanda at kababalaghan, o anumang mga himala; hindi sila nagsasalita ng malalabong titik at mga doktrina, o malalalim na kabatiran; sa halip, mayroon silang realidad, at mga salita ng Diyos, at isang tunay na kaalaman sa realidad ng Diyos. Ang ganoon bang grupo ay walang higit na kakayahang gawing malinaw ang kapangyarihan ng Diyos? Tunay na gawain ang gawain ng Diyos sa panahon ng mga huling araw. Noong kapanahunan ni Jesus, hindi Siya naparito upang gawing perpekto

ang tao, kundi upang tubusin ang tao, at sa gayon ay nagpakita Siya ng ilang himala upang mapasunod Niya ang mga tao sa Kanya. Sapagkat pangunahing naparito Siya upang kumpletuhin ang gawain ng pagpapapakita sa krus, at hindi bahagi ng gawain ng Kanyang ministryo ang pagpapakita ng mga tanda. Ang ganoong mga tanda at mga kababalaghan ay mga gawain na ginawa upang gawing mabisa ang Kanyang gawain; ang mga iyon ay dagdag na gawain, at hindi kumakatawan sa gawain ng buong kapanahunan. Noong Kapanahunan ng Kautusan sa Lumang Tipan, nagpakita rin ang Diyos ng ilang tanda at mga kababalaghan—subalit tunay na gawain ang gawain ng Diyos ngayon, at tiyakang hindi Siya magpapakita ng mga tanda at mga kababalaghan ngayon. Kung nagpakita Siya ng mga tanda at mga kababalaghan, mapapatapon sa kaguluhan ang tunay Niyang gawain, at hindi na Siya makakagawa pa ng anumang karagdagang gawain. Kung sinabi ng Diyos na gamitin ang salita upang gawing perpekto ang tao, ngunit nagpakita rin ng mga tanda at mga kababalaghan, magagawa bang malinaw, kung gayon, kung tunay na naniniwala o hindi ang tao sa Kanya? Kaya, hindi gumagawa ang Diyos ng ganoong mga bagay. Sadyang napakarami ng relihiyon sa loob ng tao; naparito ang Diyos sa mga huling araw upang alisin ang lahat ng relihiyosong mga kuru-kuro at mga bagay na higit-sa-karaniwan sa loob ng tao, at ipaalam sa tao ang realidad ng Diyos. Naparito Siya upang alisin ang isang larawan ng Diyos na mahirap unawain at hindi makatotohanan—sa ibang salita, isang larawan ng Diyos na hinding-hindi umiiral. At sa gayon, ang tanging bagay na mahalaga ngayon ay ang magkaroon ka ng kaalaman sa realidad! Nananaig sa lahat-lahat ang katotohanan. Gaanong katotohanan ang taglay mo ngayon? Nagpapakita ba ang lahat ng iyon ng mga tanda at mga kababalaghan ng Diyos? Makapagpapakita rin ng mga tanda at mga kababalaghan ang masasamang espiritu, ang lahat ba ng mga iyon ay Diyos? Sa kanyang paniniwala sa Diyos, ang hinahanap ng tao ay ang katotohanan, ang itinataguyod niya ay buhay, sa halip na mga tanda at mga kababalaghan. Ito ang dapat maging mithiin ng lahat niyaong naniniwala sa Diyos.

Yaong mga Tunay na Nagmamahal sa Diyos ay Yaong mga Talagang Nagpapasakop sa Kanyang Pagiging Praktikal

Pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa pagiging praktikal at lubos na pagkaunawa sa gawain ng Diyos—parehong nakikita ang mga ito sa Kanyang mga salita, at magkakamit ka lamang ng kaliwanagan sa pamamagitan ng mga pahayag na ito. Kaya dapat mong lalong sangkapan ang iyong sarili ng mga salita ng Diyos. Ibahagi mo ang iyong pagkaunawa tungkol sa mga salita ng Diyos kapag nagbabahaginan kayo, at sa ganitong paraan, maliliwanagan mo ang iba at mabibigyan mo sila ng paraan para magsagawa—ito

ay isang praktikal na landas. Bago magsaayos ang Diyos ng isang sitwasyon para sa iyo, bawat isa sa inyo ay kailangan munang sangkapan ang inyong sarili ng Kanyang mga salita. Ito ay isang bagay na dapat gawin ng lahat; isa itong agarang prayoridad. Una, umabot sa punto na marunong ka nang kumain at uminom ng mga salita ng Diyos. Para sa anumang bagay na hindi mo magawa, saliksikin ang Kanyang mga salita para sa isang landas ng pagsasagawa, at suriing mabuti ang mga pahayag na ito para sa anumang mga isyung hindi mo nauunawaan o anumang mga paghihirap na maaaring mayroon ka. Gawing panustos mo ang mga salita ng Diyos, at tulutang alalayan ka ng mga iyon na malutas ang iyong mga praktikal na paghihirap at problema; at tulutang maging tulong mo sa buhay ang Kanyang mga salita. Kakailanganin ng mga bagay na ito ang iyong pagsisikap. Sa pagkain at pag-inom ng salita ng Diyos, kailangan mong magkamit ng mga resulta, kailangan mong mapatahimik ang iyong puso sa Kanyang harapan, at kailangan mong magsagawa alinsunod sa Kanyang mga pahayag tuwing may kinakaharap kang anumang mga isyu. Kapag wala ka pang nakakaharap na anumang mga isyu, dapat mong itutok ang iyong sarili sa pagkain at pag-inom lamang ng Kanyang salita. Kung minsan ay maaari kang manalangin at pagnilayan mo ang pagmamahal ng Diyos, sabihin sa pakikibahagi ang iyong pagkaunawa sa Kanyang mga salita, at ipabatid ang kaliwanagan at pagpapalinaw na nararanasan mo sa iyong kalooban at ang iyong naging mga reaksiyon habang binabasa mo ang mga pahayag na ito. Bukod pa ryan, mabibigyan mo ng paraan ang mga tao para magsagawa. Ito lamang ang praktikal. Ang layunin sa paggawa nito ay para maging praktikal na panustos mo ang mga salita ng Diyos.

Sa loob ng isang araw, ilang oras ang ginugugol mo kung saan tunay kang nasa harap ng Diyos? Ilang oras ng isang araw ang talagang ibinibigay mo sa Diyos? Ilang oras ang ibinibigay mo sa laman? Ang laging pagtutok ng iyong puso sa Diyos ang unang hakbang sa pagtahak sa tamang landas tungo sa Kanyang pagpeperpekto. Kung kaya mong ilaan ang iyong puso, katawan, at lahat ng iyong tunay na pagmamahal sa Diyos, iharap ang mga iyon sa Kanya, maging ganap na masunurin sa Kanya, at maging lubos na mapagbigay sa Kanyang kalooban—hindi para sa laman, hindi para sa pamilya, at hindi para sa iyong sariling personal na mga hangarin, kundi para sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, na itinuturing ang salita ng Diyos bilang prinsipyo at pundasyon sa lahat—sa paggawa niyon, ang iyong mga layunin at iyong mga pananaw ay malalagay na lahat sa tamang lugar, at magiging isa kang tao sa harap ng Diyos na tumatanggap ng Kanyang papuri. Ang mga taong gusto ng Diyos ay yaong mga tiyak na Kanya; sila yaong sa Kanya lamang magiging matapat. Ang mga kinasusuklaman ng Diyos ay yaong mga malamig sa Kanya at sumusuway sa Kanya. Kinasusuklaman Niya yaong mga naniniwala sa Kanya at laging gustong masiyahan sa Kanya habang hindi pa nagagawang lubos na gugulin ang kanilang sarili para sa Kanyang kapakanan. Kinasusuklaman Niya yaong mga nagsasabi na Siya ay mahal nila ngunit sumusuway sa Kanya sa kanilang puso; kinasusuklaman Niya yaong mga gumagamit ng magagaling

at mabulaklak na salita upang manlinlang. Yaong mga hindi tunay na nakalaan sa Diyos o hindi pa tunay na nagpapasakop sa Kanya ay mga taksil at masyadong likas na mayabang. Yaong mga hindi tunay na makapagpasakop sa harap ng normal at praktikal na Diyos ay mas mayabang pa, at sila ay talagang ang masunuring mga inapo ng arkanghel. Ang mga taong tunay na ginugugol ang kanilang sarili para sa Diyos ay inilalaan ang buo nilang pagkatao sa Kanya at inilalagay ang kanilang sarili sa harapan Niya; kaya nilang magpasakop sa lahat ng Kanyang mga salita at gawain, at naisasagawa nila ang Kanyang mga salita. Kaya nilang tanggapin ang mga salita ng Diyos at itinuturing ang mga ito na pundasyon ng kanilang pag-iral, at nagagawa nilang taimtim na saliksikin ang nilalaman ng mga salita ng Diyos upang alamin kung aling mga bahagi ang isasagawa. Sila yaong mga tao na tunay na namumuhay sa harap ng Diyos. Kung magsasagawa ka sa ganitong paraan, magiging kapaki-pakinabang ito para sa iyong buhay, at sa pamamagitan ng pagkain at pag-inom ng Kanyang mga salita ay matutugunan mo ang mga panloob na pangangailangan at kakulangan upang magbago ang iyong disposisyon sa buhay, mapapalugod nito ang kalooban ng Diyos. Kung kikilos ka alinsunod sa mga kinakailangan ng Diyos, at kung hindi mo binibigyan ng kasiyahan ang laman kundi sa halip ay pinalulugod mo ang Kanyang kalooban, dito ay nakapasok ka na sa realidad ng Kanyang mga salita. Ang pagpasok sa realidad ng mga salita ng Diyos ay nangangahulugang kaya mong gampanan ang iyong tungkulin at tugunan ang mga hinihingi ng gawain ng Diyos. Ang ganitong mga uri lamang ng praktikal na mga kilos ang matatawag na pagpasok sa realidad ng Kanyang mga salita. Kung nagagawa mong pumasok sa realidad na ito, tataglayin mo ang katotohanan. Ito ang simula ng pagpasok sa realidad; kailangan mo munang magdaan sa pagsasanay na ito, at saka ka lamang makakapasok sa mas malalalim na realidad. Pag-isipan kung paano susundin ang mga kautusan at kung paano maging tapat sa harap ng Diyos; huwag mo palaging isipin kung paano ka makakapasok sa kaharian. Kung hindi magbago ang iyong disposisyon, mawawalan ng silbi ang anumang iniisip mo! Para makapasok sa realidad ng mga salita ng Diyos, kailangan munang maging para sa Diyos ang lahat ng iyong ideya at saloobin—ito ang pinakamalinaw na pangangailangan.

Sa kasalukuyan, maraming taong nasa gitna ng mga pagsubok at hindi nauunawaan ang gawain ng Diyos, ngunit sinasabi Ko sa iyo: Kung hindi mo ito nauunawaan, mas mabuti pang huwag mo itong husgahan. Marahil ay darating ang araw na lalabas ang buong katotohanan, at saka mo ito mauunawaan. Makakabuti sa iyo ang hindi manghusga, subalit hindi maaaring maghintay ka lamang nang walang kibo. Kailangan mong hangarin na aktibong makapasok; saka ka lamang tunay na makakapasok. Dahil sa kanilang pagkasuwail, laging nakakabuo ang mga tao ng mga kuru-kuro tungkol sa praktikal na Diyos. Dahil dito ay kailangang matutuhan ng lahat ng tao kung paano maging masunurin, sapagkat ang praktikal na Diyos ay isang napakalaking pagsubok para sa sangkatauhan. Kung hindi mo kayang manindigan, tapos na ang lahat; kung wala kang pagkaunawa sa pagiging praktikal ng praktikal na Diyos, hindi ka magagawang perpekto

ng Diyos. Ang isang napakahalagang hakbang kung magagawang perpekto ang mga tao o hindi ay ang kanilang pagkaunawa sa pagiging praktikal ng Diyos. Ang pagiging praktikal ng Diyos na nagkatawang-tao na pumarito sa lupa ay isang pagsubok sa bawat tao; kung makapanindigan ka tungkol dito, magiging isa kang tao na kilala ang Diyos, at magiging isa kang tao na tunay na nagmamahal sa Kanya. Kung hindi ka makapanindigan tungkol dito, at sa Espiritu ka lamang naniniwala at hindi mo kayang maniwala sa pagiging praktikal ng Diyos, gaano man kalaki ang iyong pananampalataya sa Diyos, mawawalan iyan ng silbi. Kung hindi mo kayang maniwala sa Diyos na nakikita, kaya mo bang maniwala sa Espiritu ng Diyos? Hindi ba tinatangka mo lamang na lokohin ang Diyos? Hindi ka masunurin sa harap ng nakikita at nahihipong Diyos, kaya may kakayahan ka bang magpasakop sa harap ng Espiritu? Ang Espiritu ay hindi nakikita at hindi nahihipo, kaya kapag sinabi mong nagpapasakop ka sa Espiritu ng Diyos, hindi ba kalokohan lamang ang sinasabi mo? Ang susi sa pagsunod sa mga kautusan ay ang pagkakaroon ng pagkaunawa sa praktikal na Diyos. Kapag nagkaroon ka na ng pagkaunawa sa praktikal na Diyos, magagawa mo nang sundin ang mga kautusan. May dalawang bahagi ang pagsunod sa mga ito: Ang isa ay pagkapit sa diwa ng Kanyang Espiritu, at sa harap ng Espiritu, pagtanggap sa pagsusuri ng Espiritu; ang isa pa ay pagkakaroon ng tunay na pagkaunawa sa nagkatawang-taong laman, at tunay na pagpapasakop. Sa harap man ng katawang-tao o sa harap ng Espiritu, kailangang palaging magpasakop at magpitagan ang isang tao sa Diyos. Ganitong tao lamang ang karapat-dapat na gawing perpekto. Kung mayroon kang pagkaunawa sa pagiging praktikal ng praktikal na Diyos—ibig sabihin, kung nakapanindigan ka na sa pagsubok na ito—walang anumang magiging mahirap para sa iyo.

Sabi ng ilang tao, “Madaling sundin ang mga kautusan; kailangan mo lamang magsalita nang deretsahan at tapat sa harap ng Diyos, at huwag kang magkukumpas; ito ang ibig sabihin ng sundin ang mga kautusan.” Tama ba iyon? Kaya, kung gagawa ka ng ilang bagay habang nakatalikod ang Diyos na laban sa Kanya, maituturing bang pagsunod iyon sa mga kautusan? Kailangan mong maunawaan nang lubusan kung ano ang kailangan sa pagsunod sa mga kautusan. May kaugnayan ito sa kung mayroon o wala kang tunay na pagkaunawa sa pagiging praktikal ng Diyos; kung mayroon kang pagkaunawa sa pagiging praktikal at hindi ka nadarapa at nahuhulog habang nagdaraan sa pagsubok na ito, maituturing kang nagtataglay ng matatag na patotoo. Ang pagbabahagi ng isang matunog na patotoo para sa Diyos una sa lahat ay may kaugnayan sa kung mayroon o wala kang pagkaunawa sa praktikal na Diyos, at kung nagagawa mong magpasakop o hindi sa harap ng taong ito na hindi lamang karaniwan, kundi normal, at magpasakop kahit hanggang kamatayan. Kung ikaw, sa pamamagitan ng pagpapasakop na ito, ay tunay na nagpapatotoo para sa Diyos, ibig sabihin niyan ay naangkin ka ng Diyos. Kung makakapagpasakop ka hanggang kamatayan, at sa Kanyang harapan, wala ka nang mga reklamo, hindi ka nanghuhusga, hindi ka naninirang-puri, wala kang anumang mga kuru-kuro, at wala kang anumang mga lihim na motibo, sa ganitong

paraan ay magtatamo ng kaluwalhatian ang Diyos. Ang pagpapasakop sa harap ng isang karaniwang tao na hinahamak ng tao, at nagagawang magpasakop hanggang kamatayan nang walang anumang mga kuru-kuro—ito ay tunay na patotoo. Ang realidad na kinakailangan ng Diyos na pasukin ng mga tao ay na nagagawa mong sundin ang Kanyang mga salita, isagawa ang mga ito, yumuko sa harap ng praktikal na Diyos at alamin ang sarili mong katiwalian, buksan ang iyong puso sa Kanyang harapan, at, sa bandang huli, maangkin Niya sa pamamagitan ng mga salita Niyang ito. Nagtatamo ng kaluwalhatian ang Diyos kapag nilulupig ka ng mga pahayag na ito at nahihikayat kang lubos na sumunod sa Kanya; sa pamamagitan nito, hinihiya Niya si Satanas at kinukumpleto ang Kanyang gawain. Kapag wala kang anumang mga kuru-kuro tungkol sa pagiging praktikal ng Diyos na nagkatawang-tao—ibig sabihin, kapag nakapanindigan ka sa pagsubok na ito—mahusay mong naibahagi ang patotoong ito. Kung dumating ang araw na magkaroon ka ng lubos na pagkaunawa sa praktikal na Diyos at kaya mong magpasakop hanggang kamatayan kagaya ni Pedro, maaangkin ka ng Diyos at magagawa ka Niyang perpekto. Aumang ginagawa ng Diyos na hindi nakaayon sa iyong mga kuru-kuro ay isang pagsubok para sa iyo. Kung ang gawain ng Diyos ay nakaayon sa iyong mga kuru-kuro, hindi ka na kailangang magdusa o mapino. Ito ay dahil sa ang Kanyang gawain ay napaka-praktikal at hindi nakaayon sa iyong mga kuru-kuro kaya kailangan mong pakawalan ang mga kuru-kurong iyon. Kaya nga ito ay isang pagsubok para sa iyo. Dahil sa pagiging praktikal ng Diyos kaya lahat ng tao ay nasa gitna ng mga pagsubok; ang Kanyang gawain ay praktikal, hindi higit sa karaniwan. Sa pamamagitan ng lubos na pag-unawa sa Kanyang praktikal na mga salita at Kanyang praktikal na mga pahayag nang walang anumang mga kuru-kuro, at sa tunay na pagmamahal sa Kanya lalo pang lumalago ang Kanyang gawain, maaangkin ka Niya. Ang grupo ng mga tao na maaangkin ng Diyos ay yaong mga nakakikilala sa Diyos; ibig sabihin, yaong mga nakakaalam sa Kanyang pagiging praktikal. Bukod pa ryan, sila yaong mga nagagawang magpasakop sa praktikal na gawain ng Diyos.

Noong panahon na nasa katawang-tao ang Diyos, hindi kasama sa pagpapasakop na hinihiling Niya sa mga tao ang pagpipigil na manghusga o lumaban, na tulad ng iniisip nila; sa halip, hinihiling Niya sa mga tao na gamitin ang Kanyang mga salita bilang kanilang prinsipyong susundin sa buhay at bilang pundasyon ng kanilang pananatiling buhay, na talagang walang pasubaling isagawa nila ang diwa ng Kanyang mga salita, at lubos nilang palugurin ang Kanyang kalooban. Ang isang aspeto ng paghiling sa mga tao na magpasakop sa Diyos na nagkatawang-tao ay tumutukoy sa pagsasagawa ng Kanyang mga salita, samantalang ang isa pang aspeto ay tumutukoy sa kakayahang magpasakop sa Kanyang pagiging normal at praktikal. Ang mga ito ay kailangang kapwa tiyak. Yaong mga makakatamo ng dalawang aspetong ito ay lahat ng yaong nagkikimkim ng tunay na pagmamahal sa kanilang puso para sa Diyos. Silang lahat ay mga taong naangkin na ng Diyos, at mahal nilang lahat ang Diyos tulad ng pagmamahal nila sa kanilang sariling buhay. Ang Diyos na nagkatawang-tao ay may normal at praktikal na

pagkatao sa Kanyang gawain. Sa ganitong paraan, ang Kanyang panlabas na anyo na kapwa normal at praktikal na pagkatao ay nagiging isang napakalaking pagsubok para sa mga tao; ito ang nagiging pinakamalaki nilang paghihirap. Gayunman, hindi maiiwasan ang pagiging normal at praktikal ng Diyos. Sinubukan Niya ang lahat para makahanap ng solusyon ngunit sa huli ay hindi Niya maalis sa Kanyang Sarili ang panlabas na anyo ng Kanyang normal na pagkatao. Ito ay dahil Siya, kunsabagay, ang Diyos na nagkatawang-tao, hindi ang Diyos ng Espiritu sa langit. Hindi Siya ang Diyos na hindi nakikita ng mga tao, kundi ang Diyos na nasa anyo ng isang miyembro ng paglikha. Sa gayon, ang pag-aalis sa Kanyang Sarili ng anyo ng Kanyang normal na pagkatao ay hindi magiging madali sa anumang paraan. Samakatuwid, anuman ang mangyari, ginagawa pa rin Niya ang gawaing nais Niyang gawin mula sa pananaw ng katawang-tao. Ang gawaing ito ang pagpapahayag ng normal at praktikal na Diyos, kaya paano magiging ayos lang sa mga tao na hindi magpasakop? Ano ba ang magagawa ng mga tao tungkol sa mga kilos ng Diyos? Ginagawa Niya ang anumang nais Niyang gawin; anuman ang nagpapasaya sa Kanya ay iyon ang masusunod. Kung hindi magpapasakop ang mga tao, ano ang iba pang magagandang planong mayroon sila? Hanggang ngayon, pagpapasakop lamang ang nakapagligtas sa mga tao; wala nang may iba pang matatalinong ideya. Kung nais ng Diyos na subukan ang mga tao, ano ang magagawa nila tungkol dito? Gayunman, hindi ang Diyos sa langit ang nakaisip ng lahat ng ito; ang Diyos na nagkatawang-tao ang nakaisip nito. Nais Niyang gawin ito, kaya walang taong makakapagbago nito. Hindi nanghihimasok ang Diyos sa langit sa ginagawa ng Diyos na nagkatawang-tao, kaya hindi ba mas malaking dahilan ito kaya dapat magpasakop sa Kanya ang mga tao? Bagama't Siya ay kapwa praktikal at normal, Siya ang lubos na Diyos na naging tao. Batay sa Kanyang sariling mga ideya, ginagawa Niya ang anumang nais Niya. Ipinasa na ng Diyos sa langit ang lahat ng gawain sa Kanya; kailangan kang magpasakop sa anumang Kanyang ginagawa. Bagama't mayroon Siyang pagkatao at napakanormal, sadya na Niyang isinaayos ang lahat ng ito, kaya paano Siya napandidilatan ng mga mata ng mga tao nang may pagtutol? Nais Niyang maging normal, kaya Siya normal. Nais Niyang mamuhay sa gitna ng sangkatauhan, kaya Siya namumuhay sa gitna ng sangkatauhan. Nais Niyang mamuhay sa loob ng pagka-Diyos, kaya Siya namumuhay sa loob ng pagka-Diyos. Maaari itong tingnan ng mga tao paano man nila naisin, ngunit ang Diyos ay palaging magiging Diyos at ang mga tao ay palaging magiging mga tao. Ang Kanyang diwa ay hindi maitatangi dahil sa ilang maliit na detalye, ni hindi Siya maitutulak palabas ng "persona" ng Diyos dahil sa isang maliit na bagay. Ang mga tao ay may kalayaan ng mga tao, at ang Diyos ay may dignidad ng Diyos; hindi nanghihimasok ang mga ito sa isa't isa. Maaari bang hindi bigyan ng mga tao ng kaunting kalayaan ang Diyos? Hindi ba nila mapagbibigyan ang pagiging medyo kaswal ng Diyos? Huwag kayong masyadong mahigpit sa Diyos! Bawat isa ay dapat magparaya sa isa't isa; kung gayo'y hindi ba maaaring ayusin ang lahat? Magkakaroon pa ba ng anumang pagkakahiwalay? Kung hindi makapagpaubaya ang isang tao sa gayon kaliit

na bagay, paano pa niya masasabi ang anumang gaya ng “Ang puso ng isang punong ministro ay sapat na malaki upang maglayag ang isang bangka rito”? Paano sila magiging isang tunay na tao? Hindi ang Diyos ang nagpapahirap sa sangkatauhan, kundi ang sangkatauhan ang nagpapahirap sa Diyos. Pinangangasiwaan nila palagi ang mga bagay-bagay sa pamamagitan ng pagpapalaki sa maliliit na bagay. Talagang pinalalaki nila ang maliit na bagay, at talagang hindi ito kailangan! Kapag gumagawa ang Diyos sa loob ng normal at praktikal na pagkatao, ang Kanyang ginagawa ay hindi ang gawain ng sangkatauhan, kundi ang gawain ng Diyos. Gayunman, hindi nakikita ng mga tao ang diwa ng Kanyang gawain; ang palagi lamang nilang nakikita ay ang panlabas na anyo ng Kanyang pagkatao. Hindi pa sila nakakita ng gayon kadakilang gawain, subalit nagpipilit silang makita ang Kanyang karaniwan at normal na pagkatao, at hindi sila titigil. Paano ito matatawag na pagpapasakop sa harap ng Diyos? Ang Diyos sa langit ay “naging” Diyos na sa lupa ngayon, at ang Diyos sa lupa ay Diyos na sa langit. Hindi mahalaga kung magkapareho ang Kanilang panlabas na anyo, ni hindi mahalaga kung gaano magkatulad ang Kanilang paggawa. Sa huli, Siya na gumagawa ng sariling gawain ng Diyos ay ang Diyos Mismo. Kailangan kang magpasakop naisin mo man o hindi—hindi ito isang bagay na may mapagpipilian ka! Ang Diyos ay kailangang sundin ng mga tao, at kailangan talagang magpasakop ang mga tao sa Diyos nang wala ni katiting na pagkukunwari.

Ang grupo ng mga taong nais maangkin ng Diyos na nagkatawang-tao ngayon ay yaong mga umaayon sa Kanyang kalooban. Kailangan lamang nilang magpasakop sa Kanyang gawain, at tumigil sa patuloy na pag-aalala sa mga ideya tungkol sa Diyos sa langit, pamumuhay sa kalabuan, o nagpapahirap ng mga bagay-bagay para sa Diyos na nasa katawang-tao. Yaong mga nagagawang sumunod sa Kanya ay yaong mga talagang nakikinig sa Kanyang mga salita at nagpapasakop sa Kanyang mga plano. Ni hindi man lamang pinapansin ng gayong mga tao kung ano talaga ang maaaring hitsura ng Diyos sa langit o kung anong klaseng gawain ang maaaring kasalukuyang ginagawa ng Diyos sa langit sa sangkatauhan; ibinibigay nila nang lubusan ang kanilang puso sa Diyos sa lupa at inilalagak ang kanilang buong pagkatao sa Kanyang harapan. Hindi nila isinasaalang-alang kailanman ang kanilang sariling kaligtasan, ni hindi sila nag-aalala kailanman sa pagiging normal at praktikal ng Diyos na nasa katawang-tao. Yaong mga nagpapasakop sa Diyos na nasa katawang-tao ay maaari Niyang gawing perpekto. Yaong mga naniniwala sa Diyos sa langit ay walang mapapala. Ito ay dahil hindi ang Diyos sa langit, kundi ang Diyos sa lupa, ang nagkakaloob ng mga pangako at pagpapala sa mga tao. Hindi dapat palaging palakihin ng mga tao ang Diyos sa langit samantalang itinuturing na karaniwang tao lamang ang Diyos sa lupa; hindi ito makatarungan. Ang Diyos sa langit ay dakila at kamangha-mangha na may kagila-gilalas na karunungan, subalit ni hindi man lamang ito umiiral; ang Diyos sa lupa ay masyadong karaniwan at hamak, at napaka-normal din. Wala Siyang di-pangkaraniwang isipan o hindi Siya nagsasagawa ng mga kilos na nakakagulat; gumagawa lamang Siya at nagsasalita sa

isang napaka-normal at praktikal na paraan. Kahit hindi Siya nagsasalita sa pamamagitan ng kulog o nagpapatawag ng hangin at ulan, Siya talaga ang pagkakatawang-tao ng Diyos sa langit, at Siya talaga ang Diyos na namumuhay sa piling ng mga tao. Hindi dapat palakihin ng mga tao ang isang taong nagagawa nilang unawain at tumutugma sa kanilang sariling mga imahinasyon bilang Diyos, samantalang nakikita ang isang taong hindi nila matanggap at tiyak na hindi nila maisip na aba. Lahat ng ito ay nagmumula sa pagkasuwail ng mga tao; ito ang lahat ng pinagmumulan ng paglaban ng sangkatauhan sa Diyos.

Yaong mga Gagawing Perpekto ay Kailangang Sumailalim sa Pagpipino

Kung naniniwala ka sa Diyos, kailangang sundin mo ang Diyos, isagawa ang katotohanan, at tuparin ang lahat ng iyong tungkulin. Bukod diyan, kailangan mong maunawaan ang mga bagay na dapat mong maranasan. Kung ang nararanasan mo lamang ay mapakitunguhan, madisiplina, at mahatulan, kung ang kaya mo lamang ay magpakasaya sa Diyos ngunit hindi mo nararamdaman ang pagdidisiplina o pakikitungo sa iyo ng Diyos—hindi ito katanggap-tanggap. Marahil sa pagkakataong ito ng pagpipino, nagagawa mong manindigan, ngunit hindi pa rin ito sapat; kailangan mo pa ring patuloy na sumulong. Ang aral tungkol sa pagmamahal sa Diyos ay hindi tumitigil kailanman at walang katapusan. Ang tingin ng mga tao sa paniniwala sa Diyos ay isang bagay na napakasimple, ngunit sa sandaling makatamo sila ng ilang praktikal na karanasan, napagtatanto nila na ang paniniwala sa Diyos ay hindi kasingsimple ng iniisip ng mga tao. Kapag ang Diyos ay gumagawa upang pinuhin ang tao, nagdurusa ang tao. Kapag mas matindi ang pagpipino sa tao, mas titindi ang kanilang pagmamahal sa Diyos, at nabubunyag ang higit pang kapangyarihan ng Diyos sa kanilang kalooban. Sa kabaligtaran, kapag mas katiting ang tinatanggap na pagpipino ng tao, mas katiting ang paglago ng kanilang pagmamahal sa Diyos, at mas katiting na kapangyarihan ng Diyos ang mabubunyag sa kanilang kalooban. Kapag mas matindi ang pagpipino at pasakit sa taong iyon at dumaranas siya ng mas malaking pahirap, mas lalago ang kanyang pagmamahal sa Diyos, magiging mas tunay ang kanyang pananampalataya sa Diyos, at mas lalalim ang kanyang kaalaman tungkol sa Diyos. Sa iyong mga karanasan, may makikita kang mga tao na nagdurusa nang malaki kapag sila ay pinipino, na pinakikitunguhan at dinidisciplina nang husto, at makikita mo na ang mga taong iyon ang may matinding pagmamahal sa Diyos at mas malalim at matalas na kaalaman tungkol sa Diyos. Yaong mga hindi pa nakaranas na mapakitunguhan ay may mababaw lamang na kaalaman, at ang masasabi lamang ay: “Napakabuti ng Diyos, ipinagkakaloob Niya ang biyaya sa mga tao upang magpakasaya sila sa Kanya.” Kung nararanasan ng mga tao na mapakitunguhan at madisiplina, nagagawa nilang talakayin ang tunay na kaalaman

tungkol sa Diyos. Kaya kapag mas kamangha-mangha ang gawain ng Diyos sa tao, mas mahalaga at makabuluhan ito. Kapag mas hindi ito tumatagos sa iyo at mas hindi ito kaayon ng iyong mga kuru-kuro, mas nagagawa kang lupigin, kamtin, at gawing perpekto ng gawain ng Diyos. Napakalaki ng kabuluhan ng gawain ng Diyos! Kung hindi pinino ng Diyos ang tao sa ganitong paraan, kung hindi Siya gumawa ayon sa pamamaraang ito, hindi magiging epektibo at mawawalan ng kabuluhan ang gawain ng Diyos. Sinabi noong araw na pipiliin at kakamtin ng Diyos ang grupong ito, at gagawin silang ganap sa mga huling araw; dito, mayroong pambihirang kabuluhan. Kapag mas matindi ang gawaing isinasagawa Niya sa inyong kalooban, mas malalim at mas dalisay ang inyong pagmamahal sa Diyos. Kapag mas matindi ang gawain ng Diyos, mas nagagawa ng tao na maunawaan nang bahagya ang Kanyang karunungan at mas malalim ang kaalaman ng tao tungkol sa Kanya. Ngayong mga huling araw, ang anim na libong taong plano ng pamamahala ng Diyos ay magwawakas. Talaga bang madali iyong magwawakas? Kapag nalupig na Niya ang sangkatauhan, matatapos na ba ang Kanyang gawain? Ganoon ba iyon kasimple? Iniisip ng mga tao na ganoon nga iyon kasimple, ngunit ang ginagawa ng Diyos ay hindi napakasimple. Anumang bahagi ng gawain ng Diyos ang gusto mong banggitin, lahat ay hindi maarok ng tao. Kung nagawa mong arukin ito, mawawalan ng kabuluhan o halaga ang gawain ng Diyos. Ang gawaing ginagawa ng Diyos ay di-maarok; lubos itong salungat sa iyong mga kuru-kuro, at kapag mas hindi ito kaayon ng iyong mga kuru-kuro, mas ipinakikita nito na makabuluhan ang gawain ng Diyos; kung kaayon ito ng iyong mga kuru-kuro, mawawalan ito ng kabuluhan. Ngayon, nadarama mo na ang gawain ng Diyos ay lubhang kamangha-mangha, at kapag mas kamangha-mangha ito sa pakiramdam mo, mas nadarama mo na ang Diyos ay di-maarok, at nakikita mo kung gaano kadakila ang mga gawa ng Diyos. Kung ang tanging ginawa Niya ay mababaw at padalus-dalos na gawain upang lupigin ang tao at wala na Siyang ibang ginawa pagkatapos, mawawalan ng kakayahan ang tao na mamasdan ang kabuluhan ng gawain ng Diyos. Bagama't tumatanggap ka ngayon ng kaunting pagpipino, malaki ang pakinabang nito sa iyong paglago sa buhay; kaya't napakahalagang dumanas ka ng gayong paghihirap. Ngayon, tumatanggap ka ng kaunting pagpipino, ngunit pagkatapos ay tunay mong mamamalas ang mga gawa ng Diyos, at sasabihin mo sa huli: "Lubhang kamangha-mangha ang mga gawa ng Diyos!" Ito ang sasambitin ng puso mo. Dahil naranasan nila sandali ang pagpipino ng Diyos (ang pagsubok sa mga tagasilbi at ang panahon ng pagkastigo), sinabi ng ilang tao sa huli: "Mahirap talagang maniwala sa Diyos!" Ang katunayan na ginamit nila ang mga salitang, "mahirap talaga," ay nagpapakita na ang mga gawa ng Diyos ay di-maarok, na ang gawain ng Diyos ay may dakilang kabuluhan at halaga, at na ang Kanyang gawain ay lubhang karapat-dapat na pahalagahan ng tao. Kung, pagkatapos Kong gumawa ng napakaraming gawain, wala ka ni katiting na kaalaman, magkakaroon pa ba ng halaga ang Aking gawain? Sasabihin mo dahil dito na: "Mahirap talagang maglingkod sa Diyos, lubhang kamangha-mangha ang mga gawa ng Diyos, at talagang matalino ang Diyos! Ang Diyos ay lubhang

kaibig-ibig!” Kung, matapos sumailalim sa isang panahon ng karanasan, nagagawa mong sabihin ang mga salitang iyon, pinatutunayan nito na natamo mo na ang gawain ng Diyos sa iyong kalooban. Balang araw, habang ipinalalaganap mo ang ebanghelyo sa ibang bansa at may nagtanong sa iyo: “Kumusta ang pananampalataya mo sa Diyos?” masasabi mong: “Ang mga kilos ng Diyos ay lubhang kagila-gilalas!” Madarama niya na ang iyong mga salita ay nagkukuwento ng mga tunay na karanasan. Ito ang tunay na pagpapatotoo. Sasabihin mo na puno ng karunungan ang gawain ng Diyos, at ang Kanyang gawain sa iyo ay totoong nakakumbinsi sa iyo at nakalupig sa puso mo. Palagi mo Siyang mamahalin dahil higit Siyang karapat-dapat sa pagmamahal ng sangkatauhan! Kung masasabi mo ang mga bagay na ito, maaantig mo ang puso ng mga tao. Lahat ng ito ay pagpapatotoo. Kung nagagawa mong magbigay ng matunog na patotoo, na paluhain ang mga tao, ipinakikita nito na talagang isa kang taong nagmamahal sa Diyos, sapagkat nagagawa mong patotohanan na mahal mo ang Diyos, at sa pamamagitan mo, mapapatotohanan ang mga kilos ng Diyos. Sa iyong patotoo, nahihikayat ang iba na hangarin ang gawain ng Diyos, maranasan ang gawain ng Diyos, at sa anumang sitwasyong nararanasan nila, magagawa nilang manindigan. Ito lamang ang tunay na paraan ng pagpapatotoo, at ito mismo ang ipinagagawa sa iyo ngayon. Dapat mong makita na lubhang mahalaga ang gawain ng Diyos at karapat-dapat itong pahalagahan ng mga tao, na ang Diyos ay lubhang katangi-tangi at sagana; hindi lamang Siya nakapagsasalita, kundi nahahatulan din Niya ang mga tao, napipino ang kanilang puso, nadudulutan sila ng kagalakan, nakakamit sila, nalulupig sila, at nagagawa silang perpekto. Mula sa iyong karanasan makikita mo na ang Diyos ay lubhang kaibig-ibig. Kaya gaano mo kamahal ang Diyos ngayon? Masasabi mo ba talaga ang mga bagay na ito nang taos-puso? Kapag nagagawa mong ipahayag ang mga salitang ito mula sa kaibuturan ng iyong puso, magagawa mong magpatotoo. Kapag nakaabot na sa antas na ito ang iyong karanasan makakaya mong maging isang saksi para sa Diyos, at magiging karapat-dapat ka. Kung hindi ka umaabot sa antas na ito sa iyong karanasan, napakalayo mo pa rin. Normal para sa mga tao na magpakita ng mga kahinaan sa proseso ng pagpipino, ngunit pagkatapos ng pagpipino dapat mong masabi na: “Napakatalino ng Diyos sa Kanyang gawain!” Kung tunay na nagagawa mong magtamo ng praktikal na pagkaunawa sa mga salitang ito, ito ay magiging katangi-tangi sa iyo, at ang iyong karanasan ay magkakaroon ng halaga.

Ano ang dapat mong hangarin ngayon? Kaya mo mang magpatotoo para sa gawain ng Diyos o hindi, nagagawa mo mang maging isang patotoo at isang pagpapamalas ng Diyos o hindi, at angkop ka mang kasangkapanin Niya o hindi—ito ang mga bagay na dapat mong hangarin. Gaano karaming gawain ba ang talagang nagawa sa iyo ng Diyos? Gaano karami ba ang iyong nakita, gaano karami ang iyong nahawakan? Gaano karami ang iyong naranasan, at natikman? Nasubok ka man, napakitunguhan, o nadisiplina ng Diyos, naisagawa sa iyo ang Kanyang mga kilos at gawain. Ngunit bilang isang mananampalataya sa Diyos at bilang isang taong handang hangarin na magawa

Niyang perpekto, nagagawa mo bang magpatotoo para sa gawain ng Diyos batay sa iyong praktikal na karanasan? Maisasabuhay mo ba ang salita ng Diyos sa pamamagitan ng iyong praktikal na karanasan? Nagagawa mo bang maglaan para sa iba sa pamamagitan ng iyong sariling praktikal na karanasan, at gugulin ang iyong buong buhay sa pagpapatotoo sa gawain ng Diyos? Para makapagpatotoo sa gawain ng Diyos, kailangan mong umasa sa iyong karanasan, kaalaman, at sakripisyong nagawa. Saka mo lamang mapapalugod ang Kanyang kalooban. Ikaw ba ay isang taong nagpapatotoo sa gawain ng Diyos? Mayroon ka bang ganitong hangarin? Kung nagagawa mong magpatotoo sa Kanyang pangalan, at higit pa, sa Kanyang gawain, at kung naisasabuhay mo ang larawang kinakailangan Niya sa Kanyang mga tao, isa kang saksi para sa Diyos. Paano ka ba talaga nagpapatotoo sa Diyos? Ginagawa mo ito sa pamamagitan ng paghahangad at pananabik na isabuhay ang salita ng Diyos, at, sa pagpapatotoo sa pamamagitan ng iyong mga salita, pagtutulot sa mga tao na malaman ang Kanyang gawain at makita ang Kanyang mga kilos. Kung tunay mong hinahangad ang lahat ng ito, gagawin kang perpekto ng Diyos. Kung ang tanging hangad mo ay magawang perpekto ng Diyos at mapagpala sa pinakahuli, hindi dalisay ang pananaw ng iyong pananampalataya sa Diyos. Dapat mong hangarin kung paano makita ang mga gawa ng Diyos sa tunay na buhay, kung paano Siya mapapalugod kapag ibinubunyag Niya sa iyo ang Kanyang kalooban, at hangarin kung paano ka dapat magpatotoo tungkol sa Kanyang pagiging kamangha-mangha at karunungan, at kung paano magpatotoo kung paano ka Niya dinidisciplina at pinakikitunguhan. Lahat ng ito ay mga bagay na dapat mong pinagninilayan ngayon. Kung ang pagmamahal mo sa Diyos ay para lamang makabahagi ka sa kaluwalhatian ng Diyos matapos ka Niyang gawing perpekto, hindi pa rin ito sapat at hindi makakatugon sa mga kinakailangan ng Diyos. Kailangan mong magawang magpatotoo tungkol sa gawain ng Diyos, mabigyang-kasiyahan ang Kanyang mga hinihingi, at maranasan ang gawaing Kanyang nagawa sa mga tao sa praktikal na paraan. Pasakit man, mga luha, o kalungkutan, kailangan mong maranasan ang lahat ng ito sa iyong pagsasagawa. Layon nitong gawin kang perpekto bilang isang taong nagpapatotoo para sa Diyos. Ano nga ba, talaga, ang pumipilit sa iyo ngayon na magdusa at maghangad na magawang perpekto? Ang kasalukuyan mo bang pagdurusa ay alang-alang talaga sa pagmamahal sa Diyos at pagpapatotoo para sa Kanya? O alang-alang sa mga pagpapala ng laman, para sa iyong mga inaasam sa hinaharap at kapalaran? Lahat ng layunin, motibasyon, at mithiing hinahangad mong matamo ay kailangang maituwid at hindi maaaring gabayan ng iyong sariling kalooban. Kung hinahangad ng isang tao na magawang perpekto upang tumanggap ng mga pagpapala at maghari nang may kapangyarihan, samantalang hinahangad ng isa pang tao na magawang perpekto upang mapalugod ang Diyos, upang magbigay ng praktikal na patotoo sa gawain ng Diyos, alin sa dalawang paraang ito ng paghahangad ang pipiliin mo? Kung pipiliin mo ang una, napakalayo mo pa rin sa mga pamantayan ng Diyos. Sinabi Kong minsan na mahahayag sa buong sansinukob ang Aking mga kilos at na Ako ay mamamahala bilang

Hari sa sansinukob. Sa kabilang dako, ang naipagkatiwala sa inyo ay ang lumabas upang magpatotoo sa gawain ng Diyos, hindi upang maging mga hari at magpakita sa buong sansinukob. Hayaang punuin ng mga gawa ng Diyos ang buong kosmos at kalangitan. Hayaang makita at kilalanin ng lahat ang mga ito. Binabanggit ang mga salitang ito patungkol sa Diyos Mismo, at ang dapat gawin ng mga tao ay ang magpatotoo para sa Diyos. Gaano karami na ngayon ang alam mo tungkol sa Diyos? Gaano karami na ang mapapatotohanan mo tungkol sa Diyos? Ano ang layunin ng Diyos sa pagpeperpekto sa tao? Kapag naunawaan mo na ang kalooban ng Diyos, paano ka dapat magpakita ng konsiderasyon sa Kanyang kalooban? Kung handa kang magawang perpekto at magpatotoo sa gawain ng Diyos sa pamamagitan ng iyong isinasabuhay, kung ito ang nag-uudyok sa iyo, walang napakahirap gawin. Ang kailangan ng mga tao ngayon ay pananampalataya. Kung ito ang nag-uudyok sa iyo, madaling pakawalan ang anumang pagkanegatibo, pagkapasibo, katamaran at mga kuru-kuro ng laman, mga pilosopiya sa buhay, masuwaying disposisyon, mga emosyon, at iba pa.

Habang sumasailalim sa mga pagsubok, normal sa mga tao ang manghina, o maging negatibo ang kalooban, o hindi malinawan ang kalooban ng Diyos o ang landas ng kanilang pagsasagawa. Ngunit ano't anuman, kailangan mong magkaroon ng pananampalataya sa gawain ng Diyos, at huwag itanggi ang Diyos, gaya ni Job. Bagama't mahina si Job at isinumpa ang araw ng kanyang sariling pagsilang, hindi niya itinanggi na lahat ng bagay sa buhay ng tao ay ipinagkaloob ni Jehova, at na si Jehova rin ang Siyang babawi sa lahat ng ito. Paano man siya sinubok, pinanatili niya ang pananampalatayang ito. Sa iyong karanasan, anumang pagpipino ang pinagdaraan mo sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos, ang hinihingi ng Diyos sa sangkatauhan, sa madaling salita, ay ang kanilang pananampalataya at pagmamahal sa Kanya. Ang Kanyang ginagawang perpekto sa pamamagitan ng paggawa sa ganitong paraan ay ang pananampalataya, pagmamahal, at mga hangarin ng mga tao. Ginagawa ng Diyos ang gawain ng pagpeperpekto sa mga tao, at hindi nila ito nakikita, hindi ito nadarama; sa gayong mga sitwasyon, kinakailangan ang iyong pananampalataya. Kinakailangan ang pananampalataya ng mga tao kapag may isang bagay na hindi nakikita ng mata lamang, at kinakailangan ang iyong pananampalataya kapag hindi mo mapakawalan ang iyong sariling mga kuru-kuro. Kapag hindi malinaw sa iyo ang gawain ng Diyos, ang kinakailangan mong gawin ay manampalataya at manindigan at tumayong saksi. Nang umabot si Job sa puntong ito, nagpakita sa kanya ang Diyos at nangusap sa kanya. Ibig sabihin, sa pananampalataya mo lamang makikita ang Diyos, at kapag mayroon kang pananampalataya gagawin kang perpekto ng Diyos. Kung walang pananampalataya, hindi Niya ito magagawa. Ipagkakaloob sa iyo ng Diyos ang anumang inaasam mong makamtan. Kung wala kang pananampalataya, hindi ka magagawang perpekto at hindi mo makikita ang mga kilos ng Diyos, lalo na ang Kanyang pagiging makapangyarihan sa lahat. Kapag nananampalataya kang makikita mo ang Kanyang mga kilos sa iyong praktikal na karanasan, magpapakita sa iyo ang Diyos, at bibigyang-liwanag at gagabayan

ka Niya sa iyong kalooban. Kung wala ang pananampalatayang iyon, hindi iyan magagawa ng Diyos. Kung nawala na ang pag-asa mo sa Diyos, paano mo mararanasan ang Kanyang gawain? Kung gayon, kapag lamang mayroon kang pananampalataya at hindi ka nagkikimkim ng mga pagdududa sa Diyos, kapag lamang mayroon kang tunay na pananampalataya sa Kanya anuman ang gawin Niya, saka ka Niya bibigyang-liwanag at tatanglawan sa iyong mga karanasan, at saka mo pa lamang makikita ang Kanyang mga kilos. Nakakamtan ang lahat ng ito sa pamamagitan ng pananampalataya. Nakakamtan lamang ang pananampalataya sa pamamagitan ng pagpipino, at kapag walang pagpipino, hindi magkakaroon ng pananampalataya. Ano ang tinutukoy ng salitang “pananampalataya”? Ang pananampalataya ay ang tunay na paniniwala at tapat na pusong dapat taglayin ng mga tao kapag hindi nila nakikita o nahahawakan ang isang bagay, kapag ang gawain ng Diyos ay hindi naaayon sa mga kuru-kuro ng tao, kapag hindi ito kayang abutin ng tao. Ito ang pananampalatayang binabanggit Ko. Kailangang manampalataya ang mga tao sa mga panahon ng paghihirap at pagpipino, at ang pananampalataya ay isang bagay na sinusundan ng pagpipino; hindi mapaghihiwalay ang pagpipino at pananampalataya. Paano man gumawa ang Diyos, at anuman ang iyong sitwasyon, nagagawa mong hangarin ang buhay at hanapin ang katotohanan, at hangaring malaman ang tungkol sa gawain ng Diyos, at magkaroon ng pag-unawa sa Kanyang mga kilos, at nagagawa mong kumilos alinsunod sa katotohanan. Ang paggawa nito ang kahulugan ng pagkakaroon ng tunay na pananampalataya, at ang paggawa nito ay nagpapakita na hindi ka nawalan ng pananampalataya sa Diyos. Magkakaroon ka lamang ng tunay na pananampalataya sa Diyos kung nagagawa mong piliting hangarin ang katotohanan sa panahon ng pagpipino, kung nagagawa mong tunay na mahalin ang Diyos at hindi ka nagkakaroon ng mga pagdududa tungkol sa Kanya, kung isinasagawa mo pa rin ang katotohanan anuman ang gawin Niya upang mapalugod Siya, at kung nagagawa mong hangarin nang taos-puso ang Kanyang kalooban at isaalang-alang ang Kanyang kalooban. Noong araw, nang sinabi ng Diyos na mamumuno ka bilang isang hari, minahal mo Siya, at nang hayagan Siyang magpakita sa iyo, hinanap mo Siya. Ngunit ngayon nakatago ang Diyos, hindi mo Siya nakikita, at nagkaroon ka ng mga problema—nawawalan ka na ba ng pag-asa sa Diyos? Kaya nga, kailangan mong hangarin ang buhay at hangaring mapalugod ang kalooban ng Diyos sa lahat ng oras. Ang tawag dito ay tunay na pananampalataya, at ito ang pinakatunay at pinakamagandang uri ng pagmamahal.

Noong araw, lahat ng tao ay humaharap sa Diyos para gawin ang kanilang mga pagpapasya, at sinasabing: “Kahit wala nang ibang nagmamahal sa Diyos, kailangan ko Siyang mahalin.” Ngunit ngayon, sumasapit sa iyo ang pagpipino, at dahil hindi ito nakaayon sa iyong mga kuru-kuro, nawawalan ka ng pananampalataya sa Diyos. Tunay na pagmamahal ba ito? Nabasa mo na nang maraming beses ang mga gawa ni Job—nalimutan mo na ba ang mga iyon? Ang tunay na pagmamahal ay nabubuo lamang kapag may pananampalataya. Nagkakaroon ka ng tunay na pagmamahal para

sa Diyos sa pamamagitan ng mga pagpipinong pinagdaraan mo, at sa pamamagitan ng iyong pananampalataya ay nagagawa mong isaalang-alang ang kalooban ng Diyos sa iyong mga praktikal na karanasan, at sa pamamagitan din ng pananampalataya ay tinatalikdan mo ang iyong sariling laman at hinahangad mo ang buhay; ito ang dapat gawin ng mga tao. Kung gagawin mo ito, makikita mo ang mga kilos ng Diyos, ngunit kung wala kang pananampalataya, hindi mo makikita ang mga kilos ng Diyos o mararanasan ang Kanyang gawain. Kung gusto mong kasangkapanin ka at magawang perpekto ng Diyos, kailangan mong taglayin ang lahat: ang kahandaang magdusa, pananampalataya, pagtitiis, pagsunod, at kakayahang maranasan ang gawain ng Diyos, maunawaan ang Kanyang kalooban, maisaalang-alang ang Kanyang pighati, at iba pa. Hindi madaling gawing perpekto ang isang tao, at bawat isang pagpipinong nararanasan mo ay nangangailangan ng iyong pananampalataya at pagmamahal. Kung gusto mong magawang perpekto ng Diyos, hindi sapat ang magmadali lamang sa landas, ni sapat ang gugulin lamang ang iyong sarili para sa Diyos. Kailangan kang magtaglay ng maraming bagay upang maging isang tao na ginagawang perpekto ng Diyos. Kapag nagdurusa ka, kailangan mong magawang isantabi ang pag-aalala sa laman at huwag magreklamo laban sa Diyos. Kapag itinatago ng Diyos ang Kanyang Sarili mula sa iyo, kailangan mong magkaroon ng pananampalatayang sundan Siya, na mapanatili ang iyong dating pagmamahal nang hindi ito hinahayaang maging marupok o maglaho. Anuman ang gawin ng Diyos, kailangan kang magpasakop sa Kanyang plano at maging handang sumpain ang iyong sariling laman sa halip na magreklamo laban sa Kanya. Kapag nahaharap ka sa mga pagsubok, kailangan mong mapalugod ang Diyos, bagama't maaaring mapait ang iyong pagluha o nag-aatubili kang mawalay sa ilang bagay na minamahal mo. Ito lamang ang tunay na pagmamahal at pananampalataya. Anuman ang aktuwal mong tayog, kailangan mo munang magkaroon kapwa ng kahandaang dumanas ng paghihirap at ng tunay na pananampalataya, at kailangan ka ring magkaroon ng kahandaang talikdan ang laman. Dapat ay handa kang magtiis ng personal na mga paghihirap at magdusa ng mga kawalan sa iyong mga personal na interes upang mapalugod ang kalooban ng Diyos. Kailangan mo ring magkaroon ng kakayahang taos na magsisi tungkol sa iyong sarili: Noong araw, hindi mo nagawang mapalugod ang Diyos, at ngayon, maaari kang magsisi sa iyong sarili. Hindi ka dapat magkulang sa anuman sa mga bagay na ito—sa pamamagitan ng mga bagay na ito, gagawin kang perpekto ng Diyos. Kung hindi mo matutugunan ang mga kinakailangang ito, hindi ka magagawang perpekto.

Ang isang taong naglilingkod sa Diyos ay hindi lamang dapat malaman kung paano magdusa para sa Kanya; higit pa ryan, dapat niyang maunawaan na ang layunin ng paniniwala sa Diyos ay upang hangaring mahalin ang Diyos. Kinakasangkapan ka ng Diyos hindi lamang para pinuhin ka o para pagdusahin ka, kundi sa halip ay kinakasangkapan ka Niya upang malaman mo ang Kanyang mga kilos, malaman mo ang tunay na kabuluhan ng buhay ng tao, at lalo na, upang malaman mo na ang paglilingkod sa

Diyos ay hindi madaling gawin. Ang pagdanas ng gawain ng Diyos ay hindi tungkol sa pagtatamasa ng biyaya, kundi sa halip ay tungkol sa pagdurusa para sa iyong pagmamahal sa Kanya. Yamang tinatamasa mo ang biyaya ng Diyos, kailangan mo ring matamasa ang Kanyang pagkastigo; kailangan mong maranasan ang lahat ng ito. Mararanasan mo ang kaliwanagan ng Diyos sa iyo, at mararanasan mo rin kung paano ka Niya pinakikitunguhan at hinahatulan. Sa ganitong paraan, ang iyong karanasan ay magiging malawak. Naisagawa ng Diyos ang Kanyang gawain ng paghatol at pagkastigo sa iyo. Napakitunguhan ka na ng salita ng Diyos, ngunit hindi lamang iyan; naliwanagan at natanglawan ka rin nito. Kapag ikaw ay negatibo at mahina, nag-aalala ang Diyos para sa iyo. Lahat ng gawaing ito ay upang ipaalam sa iyo na lahat ng tungkol sa tao ay nasa loob ng mga pagsasaayos ng Diyos. Maaari mong isipin na ang paniniwala sa Diyos ay tungkol sa pagdurusa, o paggawa ng lahat ng bagay para sa Kanya; maaari mong isipin na ang layunin ng paniniwala sa Diyos ay para mapayapa ang iyong laman, o upang maging maayos ang lahat sa buhay mo, o upang maging komportable at magaan ang lahat sa iyo. Gayunman, wala sa mga ito ang mga layuning dapat iugnay ng mga tao sa kanilang paniniwala sa Diyos. Kung naniniwala ka dahil sa mga layuning ito, mali ang iyong pananaw, at imposible ka talagang magawang perpekto. Ang mga kilos ng Diyos, ang matuwid na disposisyon ng Diyos, ang Kanyang karunungan, Kanyang mga salita, at Kanyang pagiging kamangha-mangha at di-maarok ay pawang mga bagay na dapat maunawaan ng mga tao. Dahil sa pagkaunawang ito, dapat mong gamitin ito upang alisin sa puso mo ang lahat ng personal mong mga kahilingan, inaasahan, at kuru-kuro. Kapag inalis mo ang mga ito, saka mo lamang matutugunan ang mga kundisyong hinihingi ng Diyos, at sa pamamagitan lamang ng paggawa nito ka magkakaroon ng buhay at mapapalugod ang Diyos. Ang layunin ng paniniwala sa Diyos ay upang mapalugod Siya at maisabuhay ang disposisyon na Kanyang hinihingi, upang maipamalas ang Kanyang mga kilos at kaluwalhatian sa pamamagitan ng grupong ito ng hindi karapat-dapat na mga tao. Ito ang tamang pananaw para sa paniniwala sa Diyos, at ito rin ang layuning dapat mong hangarin. Dapat ay mayroon kang tamang pananaw tungkol sa paniniwala sa Diyos at dapat mong hangaring matamo ang mga salita ng Diyos. Kailangan mong kainin at inumin ang mga salita ng Diyos at magawang isabuhay ang katotohanan, at lalo nang kailangan mong makita ang Kanyang praktikal na mga gawa, Kanyang kamangha-manghang mga gawa sa buong sansinukob, gayundin ang praktikal na gawaing Kanyang ginagawa sa katawang-tao. Maaaring pahalagahan ng mga tao, sa pamamagitan ng kanilang aktuwal na mga karanasan, kung paano talaga ginagawa ng Diyos ang Kanyang gawain sa kanila at kung ano ang Kanyang kalooban sa kanila. Ang layunin ng lahat ng ito ay upang alisin ang tiwali at satanikongng disposisyon ng mga tao. Dahil naiwaksi na ang lahat ng karumihan at kasamaan sa iyong kalooban, at naiwaksi na ang iyong mga maling layon, at nagkaroon ka na ng tunay na pananampalataya sa Diyos—sa pamamagitan lamang ng pagkakaroon ng tunay na pananampalataya mo maaaring tunay na mahalin ang

Diyos. Maaari mo lamang tunay na mahalín ang Diyos sa pundasyon ng iyong paniniwala sa Kanya. Magtatamo ka ba ng pagmamahal sa Diyos nang hindi ka naniniwala sa Kanya? Yamang naniniwala ka sa Diyos, hindi ka maaaring maguluhan tungkol dito. Napupuno ng lakas ang ilang tao sa sandaling makita nila na ang pananampalataya sa Diyos ay maghahatid sa kanila ng mga pagpapala, ngunit nawawala ang lahat ng sigla sa sandaling makita nila na kailangan nilang dumanas ng mga pagpipino. Iyan ba ang paniniwala sa Diyos? Sa huli, kailangan kang ganap at lubos na makasunod sa harap ng Diyos sa iyong pananampalataya. Naniniwala ka sa Diyos ngunit mayroon ka pa ring mga hinihiling sa Kanya, marami ka pa ring mga relihiyosong kuru-kuro na hindi mo mabitawan, mga personal na interes na hindi mo mapakawalan, at naghahangad ka pa rin ng mga pagpapala ng laman at nais mong sagipin ng Diyos ang iyong laman, na iligtas ang iyong kaluluwa—lahat ng ito ay mga pag-uugali ng mga tao na may maling pananaw. Kahit may pananampalataya sa Diyos ang mga taong may mga relihiyosong paniniwala, hindi sila naghahangad na baguhin ang kanilang disposisyon at hindi sila naghahangad ng kaalaman tungkol sa Diyos, kundi ang tanging hinahangad nila ay ang mga interes ng kanilang laman. Marami sa inyo ang may pananampalatayang nabibilang sa kategorya ng mga relihiyosong pananalig; hindi iyan tunay na pananampalataya sa Diyos. Upang maniwala sa Diyos, kailangang magkaroon ang mga tao ng isang pusong handang magdusa para sa Kanya at kahandaang isuko ang kanilang sarili. Hangga’t hindi natutugunan ng mga tao ang dalawang kundisyong ito, walang bisa ang kanilang pananampalataya sa Diyos, at hindi nila mababago ang kanilang disposisyon. Ang mga tao lamang na tunay na naghahanap sa katotohanan, naghahangad ng kaalaman tungkol sa Diyos, at naghahangad ng buhay ang mga tunay na naniniwala sa Diyos.

Kapag sumapit sa iyo ang mga pagsubok, paano mo iaangkop ang gawain ng Diyos sa pagharap sa mga pagsubok na iyon? Magiging negatibo ka ba o mauunawaan mo ang pagsubok at pagpipino ng Diyos sa tao mula sa isang positibong aspeto? Ano ang iyong makakamtan sa pamamagitan ng mga pagsubok at pagpipino ng Diyos? Lalago ba ang iyong pagmamahal sa Diyos? Kapag ikaw ay sumailalim sa pagpipino, maiaangkop mo ba ang mga pagsubok kay Job at masigasig na magiging abala sa gawaing ginagawa ng Diyos sa iyo? Nakikita mo ba kung paano sinusubok ng Diyos ang tao sa pamamagitan ng mga pagsubok kay Job? Anong klaseng inspirasyon ang hatid sa iyo ng mga pagsubok kay Job? Magiging handa ka bang tumayong saksi para sa Diyos sa gitna ng iyong mga pagpipino, o nanaisin mo bang mapalugod ang laman sa isang komportableng sitwasyon? Ano ba talaga ang iyong pananaw tungkol sa pananampalataya sa Diyos? Talaga bang para iyon sa Kanya, at hindi para sa laman? Talaga bang may nilalayon kang matamo sa iyong paghahangad? Handa ka bang sumailalim sa mga pagpipino upang magawa kang perpekto ng Diyos, o mas gusto mong makastigo at maisumpa ng Diyos? Ano ba talaga ang iyong pananaw tungkol sa pagpapatotoo para sa Diyos? Ano ang dapat gawin ng mga tao sa ilang sitwasyon upang tunay na magpatotoo para sa

Diyos? Yamang maraming naihayag ang praktikal na Diyos sa Kanyang aktuwal na gawain sa iyo, bakit lagi mong naiisip na umalis? Para sa Diyos ba ang paniniwala mo sa Diyos? Para sa karamihan sa inyo, ang inyong paniniwala ay bahagi ng isang kalkulasyong ginagawa ninyo para sa inyong sarili, para sa inyong sariling personal na pakinabang. Napakakaunti ng mga taong naniniwala sa Diyos para sa Diyos; hindi ba ito pagiging suwail?

Ang layunin ng gawain ng pagpipino una sa lahat ay upang gawing perpekto ang pananampalataya ng mga tao. Sa huli, ang nakamtan ay na nais mong umalis ngunit, kasabay nito, hindi mo magawa; nagagawa pa ring manampalataya ng ilang tao kahit wala sila ni katiting na pag-asa; at ni hindi na umaasa man lang ang mga tao hinggil sa kanilang sariling mga inaasam sa hinaharap. Sa panahong ito lamang matatapos ang pagpipino ng Diyos. Hindi pa rin nakakarating ang tao sa yugtong mabitin sa pagitan ng buhay at kamatayan, at hindi pa nila natitikman ang kamatayan, kaya hindi pa tapos ang proseso ng pagpipino. Maging yaong mga nasa hakbang ng mga tagasilbi ay hindi pa lubos na napipino. Matindi ang pagpipinong pinagdaanan ni Job, at wala siyang nasandigan. Kailangang sumailalim sa mga pagpipino ang mga tao hanggang sa puntong wala na silang pag-asa at wala nang masandigan—ito lamang ang tunay na pagpipino. Sa panahon ng mga tagasilbi, kung palaging tahimik ang puso mo sa harap ng Diyos, at anuman ang Kanyang ginawa at anuman ang Kanyang naging kalooban para sa iyo, sinusunod mo palagi ang Kanyang mga pagsasaayos, sa dulo ng landas ay mauunawaan mo ang lahat ng ginawa ng Diyos. Sumasailalim ka sa mga pagsubok kay Job, at kasabay nito ay sumasailalim ka sa mga pagsubok kay Pedro. Noong sinubok si Job, tumayo siyang saksi, at sa huli, nagpakita sa Kanya si Jehova. Pagkatapos niyang tumayong saksi, saka lamang siya naging karapat-dapat na makita ang mukha ng Diyos. Bakit sinabing: “Nagtatago Ako mula sa lupain ng karumihan ngunit ipinakikita Ko ang Aking Sarili sa banal na kaharian”? Ibig sabihin niyan ay kapag ikaw ay banal at tumatayong saksi, saka ka lamang magkakaroon ng dangal na makita ang mukha ng Diyos. Kung hindi ka makatayong saksi para sa Kanya, wala kang dangal para makita ang Kanyang mukha. Kung aatras ka o nagrereklamo laban sa Diyos sa harap ng mga pagpipino, sa gayon ay bigo kang tumayong saksi para sa Kanya at pinagtatawanan ka ni Satanas, hindi mo makakamtan ang pagpapakita ng Diyos. Kung katulad ka ni Job, na sa gitna ng mga pagsubok ay isinumpa ang kanyang sariling laman at hindi nagrereklamo laban sa Diyos, at nagawang kamuhian ang kanyang sariling laman nang hindi nagrereklamo o nagkakasala sa pamamagitan ng kanyang mga salita, tatayo kang saksi. Kapag sumasailalim ka sa mga pagpipino kahit paano at kaya mo pa ring maging katulad ni Job, na lubos na masunurin sa harap ng Diyos at walang ibang mga kinakailangan sa Kanya o sarili mong mga kuru-kuro, magpapakita sa iyo ang Diyos. Ngayon ay hindi nagpapakita sa iyo ang Diyos dahil napakarami mong sariling mga kuru-kuro, personal na pagkiling, makasariling ideya, indibiduwal na pangangailangan at interes ng laman, at hindi ka karapat-dapat na makita ang Kanyang mukha. Kung makikita mo

ang Diyos, susukatin mo Siya sa pamamagitan ng iyong sariling mga kuru-kuro, at dahil doon, ipapako mo Siya sa krus. Kung maraming bagay ang sumasapit sa iyo na hindi nakaayon sa iyong mga kuru-kuro ngunit nagagawa mong isantabi ang mga iyon at magtamo ng kaalaman tungkol sa mga kilos ng Diyos mula sa mga bagay na ito, at kung sa gitna ng mga pagpipino ay ipinapakita mo ang iyong pusong nagmamahal sa Diyos, ito ay pagtayong saksi. Kung mapayapa ang iyong tahanan, natatamasa mo ang mga kaginhawahan ng laman, walang umuusig sa iyo, at sinusunod ka ng iyong mga kapatid sa iglesia, maipapakita mo ba ang iyong pusong nagmamahal sa Diyos? Mapipino ka ba ng sitwasyong ito? Makikita ang iyong pagmamahal sa Diyos sa pamamagitan lamang ng pagpipino, at magagawa kang perpekto sa pamamagitan lamang ng mga bagay na nangyayari na hindi nakaayon sa iyong mga kuru-kuro. Sa pamamagitan ng maraming salungat at negatibong bagay, at paggamit ng lahat ng uri ng pagpapamalas ni Satanang—mga kilos nito, mga paratang, mga paggambala at panlilinlang—malinaw na ipinapakita ng Diyos sa iyo ang nakakatakot na mukha ni Satanang, at sa gayo'y ginagawang perpekto ang iyong kakayahang makilala si Satanang, upang kamuhian mo si Satanang at talikuran ito.

Ang maraming karanasan mo sa kabiguan, kahinaan, mga panahon ng iyong pagiging negatibo, ay masasabi na pawang mga pagsubok ng Diyos. Ito ay dahil ang lahat ay nagmumula sa Diyos, at lahat ng bagay at pangyayari ay nasa Kanyang mga kamay. Mabigo ka man o manghina at magkamali, nakasalalay ang lahat sa Diyos at abot-kamay Niya. Mula sa pananaw ng Diyos, isang pagsubok ito sa iyo, at kung hindi mo mapapansin iyon, magiging tukso iyon. May dalawang klase ng kalagayang dapat mapansin ng mga tao: Ang isa ay nagmumula sa Banal na Espiritu, at ang malamang na pinagmumulan ng isa pa ay si Satanang. Ang isa ay isang kalagayan kung saan tinatanglawan ka ng Banal na Espiritu at tinutulutan kang makilala ang iyong sarili, mamuhi at magsisi tungkol sa iyong sarili at magkaroon ng tunay na pagmamahal para sa Diyos, na italaga ang iyong puso sa pagpapalugod sa Kanya. Ang isa pa ay isang kalagayan kung saan kilala mo ang iyong sarili, ngunit negatibo ka at mahina. Maaaring sabihin na ang kalagayang ito ay ang pagpipino ng Diyos, at na panunukso rin ito ni Satanang. Kung napapansin mo na ito ang pagliligtas sa iyo ng Diyos at kung nadarama mo na malaki na ang iyong pagkakautang sa Kanya, at kung magmula ngayon ay susubukan mong suklian Siya at hindi ka na mahulog sa gayong kasamaan, kung ibubuhos mo ang iyong pagsisikap sa pagkain at pag-inom ng Kanyang mga salita, at kung palagi mong ituturing ang iyong sarili na may kakulangan, at may isang pusong nananabik, pagsubok nga ito ng Diyos. Kapag nagwakas na ang pagdurusa at sumusulong ka nang muli, aakayin, tatanglawan, liliwanagan, at pangangalagaan ka pa rin ng Diyos. Ngunit kung hindi mo ito napapansin at negatibo ka, na basta na lamang hinahayaang mawalan ka ng pag-asa, kung nag-iisip ka sa ganitong paraan, sumapit na sa iyo ang panunukso ni Satanang. Nang sumailalim si Job sa mga pagsubok, nagpustahan ang Diyos at si Satanang, at pinayagan ng Diyos si Satanang na pahirapan si Job. Kahit

na ang Diyos ang sumusubok kay Job, si Satanas talaga ang lumukob sa kanya. Para kay Satanas, panunukso iyon kay Job, ngunit nasa panig ng Diyos si Job. Kung hindi nagkagayon, natukso na sana si Job. Sa sandaling matukso ang mga tao, nahuhulog sila sa panganib. Ang pagdaan sa pagpipino ay masasabing isang pagsubok mula sa Diyos, ngunit kung hindi mabuti ang kalagayan mo, masasabing panunukso ito mula kay Satanas. Kung hindi malinaw sa iyo ang pangitain, pagbibintangan ka ni Satanas at ikukubli ka sa aspeto ng pangitain. Bago mo pa malaman, matutukso ka na.

Kung hindi mo nararanasan ang gawain ng Diyos, hindi ka kailanman magagawang perpekto. Sa iyong karanasan, kailangan mo ring pumasok sa mga detalye. Halimbawa, anong mga bagay ang naghihikayat sa iyo na bumuo ng mga kuru-kuro at labis-labis na mga motibo, at anong klase ng mga angkop na pagsasagawa ang mayroon ka para lutasin ang mga problemang ito? Kung nararanasan mo ang gawain ng Diyos, nangangahulugan ito na maganda ang iyong tayog. Kung mukha ka lamang may lakas, hindi ito tunay na tayog at tiyak na hindi mo magagawang manindigan. Kapag nagagawa ninyong maranasan ang gawain ng Diyos at nagagawa ninyong maranasan at pagnilayan ito anumang oras at saanmang lugar, kapag nagagawa ninyong iwan ang mga pastol, at magsarili sa buhay na nakaasa sa Diyos, at nagagawa ninyong makita ang aktuwal na mga kilos ng Diyos—saka lamang matutupad ang kalooban ng Diyos. Sa ngayon, hindi alam ng karamihan sa mga tao kung paano dumanas, at kapag nagkakaroon sila ng problema, hindi nila alam kung paano nila ito haharapin; hindi nila kayang maranasan ang gawain ng Diyos, at hindi sila makapamuhay ng espirituwal na buhay. Kailangan mong tanggapin ang mga salita at gawain ng Diyos sa iyong praktikal na buhay.

Kung minsan binibigyan ka ng Diyos ng isang uri ng damdamin, isang damdaming nagsasanhi na mawala ang kagalakan ng iyong kalooban at ang presensya ng Diyos, kaya nakasadlak ka sa kadiliman. Isang uri ito ng pagpipino. Tuwing may ginagawa kang anuman, lagi itong nagugulo, o hindi ka makausad. Pagdidisiplina ito ng Diyos. Kung minsan, kapag matigas ang ulo mo at sumusuway ka sa Diyos, maaaring walang ibang nakakaalam niyon—ngunit alam iyon ng Diyos. Hindi ka Niya basta-bastang hahayaan, at didisiplinahin ka Niya. Napakadetalyado ng gawain ng Banal na Espiritu. Buong ingat Niyang pinagmamasdan ang bawat salita at kilos ng mga tao, bawat kilos at galaw, at bawat kaisipan at ideya nila upang magkaroon ng kamalayan ang mga tao sa kanilang sarili tungkol sa mga bagay na ito. Minsan may ginawa kang isang bagay at naging magulo iyon, ginawa mo ulit at naging magulo ulit iyon, at unti-unti mong mauunawaan ang gawain ng Banal na Espiritu. Sa maraming beses na nadisiplina ka, malalaman mo kung ano ang gagawin upang umayon sa kalooban ng Diyos at kung ano ang hindi naaayon sa Kanyang kalooban. Sa huli, magkakaroon ka ng tumpak na mga tugon sa paggabay ng Banal na Espiritu sa iyong kalooban. Kung minsan magiging suwail ka at sasawayin ka ng Diyos sa iyong kalooban. Lahat ng ito ay nagmumula sa pagdidisiplina ng Diyos. Kung hindi mo pinahahalagahan ang salita ng Diyos, kung minamaliit mo ang Kanyang gawain, hindi ka Niya papansinin. Kapag lalo mong sineseryoso ang mga salita

ng Diyos, lalo ka Niyang liliwanagan. Ngayon mismo, may ilang tao sa iglesia na magulo at nalilito ang pananampalataya, at marami silang ginagawang di-angkop at kumikilos sila nang walang disiplina, kaya't ang gawain ng Banal na Espiritu ay hindi malinaw na nakikita sa kanila. Ang ilang tao ay iniiwanan ang kanilang mga tungkulin para kumita ng pera, lumalabas para magpatakbo ng negosyo nang hindi nadidisciplina; mas nanganganib ang gayong klaseng tao. Hindi lamang kasalukuyang wala sa kanila ang gawain ng Banal na Espiritu, kundi sa hinaharap, mahirap silang magawang perpekto. Maraming tao na hindi kinakikitaan ng gawain ng Banal na Espiritu at ng pagdidisiplina ng Diyos. Sila yaong hindi malinaw ang kalooban ng Diyos sa kanila at hindi nila alam ang Kanyang gawain. Ayos lang yaong mga kayang manindigan nang matatag sa gitna ng mga pagpipino, na sumusunod sa Diyos anuman ang Kanyang gawin, at nagagawa kahit paano na hindi umalis, o nagagawa ang 0.1% ng nagawa ni Pedro, ngunit wala silang halaga para kasangkapanin ng Diyos. Maraming taong agad na nakakaunawa sa mga bagay-bagay, may tunay na pagmamahal para sa Diyos, at nahihigitan ang antas ni Pedro, at ginagawa ng Diyos ang gawain ng pagpeperpekto sa kanila. Sumasapit sa gayong mga tao ang pagdidisiplina at kaliwanagan, at kung may anuman sa kanila na hindi naaayon sa kalooban ng Diyos, kaya nilang alisin iyon kaagad. Ang gayong mga tao ay ginto, pilak, at mahahalagang bato—pinakamalaki ang kanilang halaga! Kung nakagawa ang Diyos ng maraming uri ng gawain ngunit para ka pa ring buhangin o bato, wala kang halaga!

Kagila-gilalas at di-maarok ang gawain ng Diyos sa bansa ng malaking pulang dragon. Gagawin Niyang perpekto ang isang grupo ng mga tao at aalisin ang ilang iba pa, sapagkat lahat ng uri ng mga tao ay nasa iglesia—mayroong mga nagmamahal sa katotohanan, at mayroong hindi; mayroong mga dumaranas ng gawain ng Diyos, at mayroong hindi; mayroong gumagawa ng kanilang tungkulin, at mayroong hindi; mayroong mga nagpapatotoo para sa Diyos, at mayroong hindi—at ang ilan sa kanila ay mga walang pananampalataya at masasamang tao, at tiyak na aalisin sila. Kung hindi mo malinaw na nalalaman ang gawain ng Diyos, magiging negatibo ka; ito ay dahil ang gawain ng Diyos ay makikita lamang sa ilang tao. Sa pagkakataong ito, magiging malinaw kung sino ang tunay na nagmamahal sa Diyos at sino ang hindi. Yaong mga tunay na nagmamahal sa Diyos ay may gawain ng Banal na Espiritu, samantalang yaong mga hindi tunay na nagmamahal sa Kanya ay mabubunyag sa bawat hakbang ng Kanyang gawain. Sila ang mga palalaysin. Mabubunyag ang mga taong ito sa pagpapatuloy ng gawain ng paglupig, at sila ay mga taong walang halaga para gawing perpekto. Yaong mga nagawang perpekto ay nakamit na ng Diyos sa kanilang kabuuan, at may kakayahang mahalin ang Diyos tulad ni Pedro. Yaong mga nalupig ay walang kusang pagmamahal, kundi pasibo na pagmamahal lamang, at sapilitan nilang minamahal ang Diyos. Yumayabong ang likas na pagmamahal sa pamamagitan ng pag-unawang nakamtan sa pamamagitan ng praktikal na karanasan. Saklaw ng pagmamahal na ito ang puso ng tao at hinihikayat sila nito na kusang maging tapat sa Diyos; nagiging

pundasyon nila ang mga salita ng Diyos at nagagawa nilang magdusa para sa Diyos. Mangyari pa, ito ay mga bagay na taglay ng isang tao na nagawang perpekto ng Diyos. Kung ang hinahangad mo lamang ay ang malupig, hindi ka maaaring magpatotoo para sa Diyos; kung nakakamtan lamang ng Diyos ang Kanyang mithiing magligtas sa pamamagitan ng paglupig sa mga tao, matatapos ang trabaho sa hakbang ng mga tagasilbi. Gayunman, ang paglupig sa mga tao ay hindi ang huling mithiin ng Diyos, kundi ang gawing perpekto ang mga tao. Kaya sa halip na sabihing ang yugtong ito ang gawain ng paglupig, sabihing ito ang gawain ng pagpeperpekto at pag-aalis. Hindi pa lubos na nalulupig ang ilang tao, at habang nilulupig sila, isang grupo ng mga tao ang magagawang perpekto. Ang dalawang pirasong ito ng gawain ay isinasakatuparan nang sabay. Hindi pa umaalis ang mga tao kahit sa loob ng napakahabang panahon ng gawain, at ipinakikita nito na ang mithiing manlupig ay nakamtan na—isang katunayan ito ng pagiging nalupig. Ang mga pagpipino ay hindi para malupig, kundi para magawang perpekto. Kung wala ang mga pagpipino, hindi magagawang perpekto ang mga tao. Kaya napakahalaga talaga ng mga pagpipino! Ngayon isang grupo ng mga tao ang ginagawang perpekto at nakakamit. Ang sampung pagpapalang binanggit dati ay inilaang lahat sa mga nagawang perpekto. Lahat ng tungkol sa pagbabago ng kanilang larawan sa lupa ay inilalaan sa mga nagawang perpekto. Yaong mga hindi nagawang perpekto ay hindi karapat-dapat na tumanggap ng mga pangako ng Diyos.

Sa Pagdanas Lamang ng Masasakit na Pagsubok Mo Malalaman ang Pagiging Kaibig-ibig ng Diyos

Gaano mo kamahal ang Diyos sa ngayon? At gaano ang iyong nalalaman tungkol sa lahat ng nagawa ng Diyos sa iyo? Ito ang mga bagay na dapat mong matutuhan. Kapag dumarating ang Diyos sa lupa, lahat ng Kanyang nagawa sa tao at itinulot na makita ng tao ay upang mahalin Siya ng tao at makilala Siya nang tunay. Na nagagawa ng tao na magdusa para sa Diyos at nagawang makarating nang ganito kalayo ay, sa isang banda, dahil sa pag-ibig ng Diyos, at sa isa pang banda, dahil sa pagliligtas ng Diyos; higit pa rito, dahil ito sa paghatol at gawain ng pagkastigo na naisagawa ng Diyos sa tao. Kung kayo ay walang paghatol, pagkastigo, at mga pagsubok ng Diyos, at kung hindi pa kayo pinagdusa ng Diyos, sa totoo lamang, hindi ninyo tunay na minamahal ang Diyos. Habang mas lumalaki ang gawain ng Diyos sa tao, at habang mas tumitindi ang pagdurusa ng tao, mas maliwanag kung gaano kamakabuluhan ang gawain ng Diyos, at na mas nagagawa ng puso ng tao na tunay na mahalin ang Diyos. Paano mo natututuhan kung paano mahalin ang Diyos? Kung walang paghihirap at pagpipino, kung walang masasakit na pagsubok—at kung, bukod pa roon, ang tanging ibinigay ng Diyos sa tao ay biyaya, pag-ibig, at awa—magagawa mo ba talagang tunay na mahalin ang Diyos? Sa isang banda, sa panahon ng mga pagsubok ng Diyos nalalaman ng tao ang

kanyang mga kakulangan at nakikita na siya ay walang kabuluhan, kasuklam-suklam, at mababa, na siya ay walang anuman, at walang halaga; sa kabilang dako, sa panahon ng Kanyang mga pagsubok gumagawa ang Diyos ng iba't ibang sitwasyon para sa tao kaya mas nararanasan ng tao ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos. Bagama't ang pagdurusa ay matindi, at kung minsan ay hindi makayanan—hanggang sa antas ng nakapanlulumong pagdadalamhati—sa pagdanas nito, nakikita ng tao kung gaano kakaibig-ibig ang gawain ng Diyos sa kanya, at sa pundasyong ito lamang nagkakaroon ang tao ng tunay na pagmamahal sa Diyos. Nakikita ngayon ng tao na kung may biyaya, pag-ibig, at awa lamang ng Diyos, wala siyang kakayahan na tunay na makilala ang sarili niya, at lalong hindi niya kayang malaman ang diwa ng tao. Sa pamamagitan lamang kapwa ng pagpipino at paghatol ng Diyos, at sa proseso ng pagpipino mismo, maaaring malaman ng tao ang kanyang mga kakulangan, at malaman na wala siyang anuman. Kaya, ang pagmamahal ng tao sa Diyos ay itinayo sa pundasyon ng pagpipino at paghatol ng Diyos. Kung tinatamasa mo lamang ang biyaya ng Diyos, ang pagkakaroon ng isang mapayapang buhay-pamilya o mga materyal na pagpapala, hindi mo pa natatamo ang Diyos, at ang iyong paniniwala sa Diyos ay hindi maituturing na matagumpay. Isinagawa na ng Diyos ang isang yugto ng gawain ng biyaya sa katawang-tao, at ipinagkaloob na ang mga materyal na pagpapala sa tao, ngunit ang tao ay hindi magagawang perpekto gamit lamang ang biyaya, pag-ibig, at awa. Sa mga karanasan ng tao, nararanasan niya ang kaunting pag-ibig ng Diyos at nakikita ang pag-ibig at awa ng Diyos, ngunit sa pagdanas sa loob ng kaunting panahon, nakikita niya na ang biyaya ng Diyos at ang Kanyang pag-ibig at awa ay walang kakayahang gawing perpekto ang tao, walang kakayahang ihayag yaong tiwali sa kalooban ng tao, at walang kakayahang alisin sa tao ang kanyang tiwaling disposisyon, o gawing perpekto ang kanyang pagmamahal at pananampalataya. Ang gawain ng biyaya ng Diyos ay ang gawain ng isang panahon, at hindi makakaasa ang tao sa pagtatamasa sa biyaya ng Diyos upang makilala ang Diyos.

Sa anong mga kaparaanan isinasakatuparan ang pagperpekto ng Diyos sa tao? Isinasakatuparan ito sa pamamagitan ng Kanyang matuwid na disposisyon. Ang disposisyon ng Diyos higit sa lahat ay binubuo ng katuwiran, poot, pagiging maharlika, paghatol, at sumpa, at ginagawa Niyang perpekto ang tao higit sa lahat ay sa pamamagitan ng Kanyang paghatol. Hindi ito nauunawaan ng ilang tao, at itinatanong nila kung bakit nagagawa lamang perpekto ng Diyos ang tao sa pamamagitan ng paghatol at sumpa. Sinasabi nila, “Kung isusumpa ng Diyos ang tao, hindi ba mamamatay ang tao? Kung hahatulan ng Diyos ang tao, hindi ba parurusahan ang tao? Kung gayon paano pa siya magagawang perpekto?” Gayon ang mga salita ng mga taong hindi nakakaalam sa gawain ng Diyos. Ang isinusumpa ng Diyos ay ang pagsuway ng tao, at ang Kanyang hinahatulan ay ang mga kasalanan ng tao. Bagama't mabagsik Siyang magsalita at walang habag, ibinubunyag Niya ang lahat ng nasa kalooban ng tao, ibinubunyag sa pamamagitan ng istriktong mga salitang ito kung ano yaong mahalaga sa kalooban ng tao, ngunit sa pamamagitan ng gayong paghatol, binibigyan Niya ang tao ng isang

malalim na kaalaman tungkol sa diwa ng laman, at sa gayon ay nagpapasakop ang tao sa harap ng Diyos. Ang laman ng tao ay makasalanan at kay Satanas, ito ay suwail, at ito ang pakay ng pagkastigo ng Diyos. Sa gayon, upang tulutang makilala ng tao ang sarili niya, kailangan niyang sapitin ang mga salita ng paghatol ng Diyos at kailangang gamitan ito ng bawat uri ng pagpipino; sa gayon lamang magiging epektibo ang gawain ng Diyos.

Maaaring makita mula sa mga salitang sinasabi ng Diyos na isinumpa na Niya ang laman ng tao. Ang mga salita bang ito, kung gayon, ay hindi mga salita ng pagsumpa? Ibinubunyag ng mga salitang sinasabi ng Diyos ang tunay na kulay ng tao, at sa pamamagitan ng gayong paghahayag ay hinahatulan siya, at kapag nakikita niya na hindi niya napapalugod ang kalooban ng Diyos, nadarama niya sa kanyang kalooban ang kalungkutan at pagsisisi, nadarama niya na napakalaki ng kanyang pagkakautang sa Diyos, at hindi makaaabot sa kalooban ng Diyos. May mga pagkakataon na dinidisciplina ka ng Banal na Espiritu mula sa iyong kalooban, at ang pagdidisciplinang ito ay nagmumula sa paghatol ng Diyos; may mga pagkakataon na sinasaway ka ng Diyos at itinatago ang Kanyang mukha sa iyo, kapag hindi ka Niya pinakikinggan at hindi ka ginagawaan, tahimik kang kinakastigo upang pinuhin ka. Ang gawain ng Diyos sa tao higit sa lahat ay para linawin ang Kanyang matuwid na disposisyon. Anong patotoo ang ibinibigay ng tao sa Diyos sa bandang huli? Nagpapatotoo ang tao na ang Diyos ang Diyos na matuwid, na ang Kanyang disposisyon ay katuwiran, poot, pagkastigo, at paghatol; nagpapatotoo ang tao sa matuwid na disposisyon ng Diyos. Ginagamit ng Diyos ang Kanyang paghatol upang ang tao ay gawing perpekto, minahal na Niya ang tao, at iniligtas ang tao—ngunit gaano karami ang nakapaloob sa Kanyang pag-ibig? Mayroong paghatol, pagiging maharlika, poot, at sumpa. Bagama't isinumpa ng Diyos ang tao noong araw, hindi Niya ganap na itinaon ang tao sa walang-hanggang hukay, kundi ginamit ang kaparaanang iyon upang pinuhin ang pananampalataya ng tao; hindi Niya pinatay ang tao, kundi kumilos Siya upang gawing perpekto ang tao. Ang diwa ng laman ay yaong kay Satanas—tamang-tama ang pagkasabi rito ng Diyos—ngunit ang mga katunayang isinasagawa ng Diyos ay hindi natatapos ayon sa Kanyang mga salita. Isinusumpa ka Niya upang mahalin mo Siya, at upang maunawaan mo ang diwa ng laman; kinakastigo ka Niya upang ikaw ay magising, upang tulutan kang malaman ang mga kakulangan sa iyong kalooban, at upang malaman ang lubos na kawalang-halaga ng tao. Sa gayon, ang mga sumpa ng Diyos, ang Kanyang paghatol, at ang Kanyang pagiging maharlika at poot—lahat ng ito ay upang gawing perpekto ang tao. Lahat ng ginagawa ng Diyos sa ngayon, at ang matuwid na disposisyon na nililinaw Niya sa inyong kalooban—lahat ng ito ay upang gawing perpekto ang tao. Gayon ang pag-ibig ng Diyos.

Sa tradisyonal na mga kuru-kuro ng tao, naniniwala siya na ang pag-ibig ng Diyos ay ang Kanyang biyaya, awa, at simpatiya para sa kahinaan ng tao. Bagama't ang mga bagay na ito ay pag-ibig din ng Diyos, masyadong may kinikilingan ang mga ito, at hindi ang pangunahing kaparaanan na ginagawang perpekto ng Diyos ang tao. Ang ilang tao

ay nagsisimulang maniwala sa Diyos dahil sa karamdaman. Ang karamdamang ito ay ang biyaya ng Diyos para sa iyo; kung wala ito, hindi ka maniniwala sa Diyos, at kung hindi ka naniwala sa Diyos ay hindi ka makararating nang ganito kalayo—at sa gayon ay pag-ibig ng Diyos maging ang biyayang ito. Sa panahon ng paniniwala kay Jesus, maraming ginawa ang mga tao na hindi kaibig-ibig sa Diyos dahil hindi nila naunawaan ang katotohanan, ngunit ang Diyos ay may pag-ibig at awa, at dinala na Niya ang tao nang ganito kalayo, at bagama't walang nauunawaang anuman ang tao, hinahayaan pa rin ng Diyos ang tao na sumunod sa Kanya, at, bukod pa roon, inakay na Niya ang tao hanggang sa ngayon. Hindi ba ito ang pag-ibig ng Diyos? Yaong namamalas sa disposisyon ng Diyos ay ang pag-ibig ng Diyos—tama talaga ito! Nang nasa kasukdulan na ang pagtatayo ng iglesia, ginawa ng Diyos ang hakbang ng gawain ng mga tagapagsilbi at itinaon ang tao sa walang-hanggang hukay. Ang mga salita sa panahon ng mga tagapagsilbi ay pawang mga sumpa: mga sumpa ng iyong laman, mga sumpa ng iyong tiwaling satanikong disposisyon, at mga sumpa ng mga bagay tungkol sa iyo na hindi nakalulugod sa kalooban ng Diyos. Ang gawaing ginawa ng Diyos sa hakbang na iyon ay ipinamalas bilang pagiging maharlika, pagkatapos ay isinagawa kaagad ng Diyos ang hakbang ng gawain ng pagkastigo, at sumapit ang pagsubok na kamatayan. Sa gayong gawain, nakita ng tao ang poot, pagiging maharlika, paghatol, at pagkastigo ng Diyos, ngunit nakita rin niya ang biyaya ng Diyos, ang Kanyang pag-ibig at Kanyang awa. Ang lahat ng ginawa ng Diyos, at lahat ng ipinamalas bilang Kanyang disposisyon, ay pag-ibig ng Diyos para sa tao, at lahat ng ginawa ng Diyos ay nagawang tugunan ang mga pangangailangan ng tao. Ginawa Niya ito upang gawing perpekto ang tao, at naglaan Siya para sa tao ayon sa tayog nito. Kung hindi ito nagawa ng Diyos, hindi sana makakaharap ang tao sa Diyos at walang paraan para malaman niya ang tunay na mukha ng Diyos. Mula nang unang simulan ng tao na maniwala sa Diyos hanggang sa ngayon, unti-unti nang naglaan ang Diyos para sa tao alinsunod sa tayog ng tao, kaya nga, sa kalooban, unti-unti na Siyang nakilala ng tao. Ngayon lamang napagtatanto ng tao kung gaano kahanga-hanga ang paghatol ng Diyos. Ang hakbang ng gawain ng mga tagapagsilbi ay ang unang pangyayari ng gawain ng pagsumpa mula sa panahon ng paglikha hanggang sa ngayon. Ang tao ay isinumpa sa walang-hanggang hukay. Kung hindi iyon nagawa ng Diyos, wala sanang tunay na kaalaman ang tao tungkol sa Diyos ngayon; sa pamamagitan lamang ng pagsumpa ng Diyos tunay na naranasan ng tao ang Kanyang disposisyon. Inilantad ang tao sa pamamagitan ng pagsubok sa mga tagapagsilbi. Nakita Niya na ang katapatan nito ay hindi katanggap-tanggap, na ang tayog nito ay napakaliit, na wala itong kakayahang mapalugod ang kalooban ng Diyos, at na ang sinasabi nitong pagpapalugod sa Diyos sa lahat ng oras ay puro mga salita lamang. Bagama't isinumpa ng Diyos ang tao sa hakbang ng gawain ng mga tagapagsilbi, kung gugunitain ngayon, ang hakbang ng gawaing yaon ng Diyos ay kahanga-hanga: Nagdulot ito ng isang malaking pagbabago para sa tao, at nagsanhi ng isang malaking pagbabago sa kanyang disposisyon sa buhay. Bago ang panahon ng mga tagapagsilbi,

walang naunawaang anuman ang tao tungkol sa paghahangad sa buhay, kung ano ang kahulugan ng maniwala sa Diyos, o ang karunungan ng gawain ng Diyos, at ni hindi niya naunawaan na maaaring subukin ng gawain ng Diyos ang tao. Mula sa panahon ng mga tagapagsilbi hanggang sa ngayon, nakikita ng tao kung gaano kamangha-mangha ang gawain ng Diyos—hindi ito maaarok ng tao. Hindi maisip ng tao kung paano gumagawa ang Diyos sa pamamagitan ng paggamit ng kanyang utak, at nakikita rin niya kung gaano kaliit ang kanyang tayog at na napakatindi ng kanyang pagkasuwail. Nang isumpa ng Diyos ang tao, ito ay upang matamo ang isang epekto, at hindi Niya pinatay ang tao. Bagama't isinumpa Niya ang tao, ginawa Niya iyon sa pamamagitan ng mga salita, at ang Kanyang mga sumpa ay hindi totoong sumapit sa tao, sapagkat ang isinumpa ng Diyos ay ang pagkasuwail ng tao, kaya nga ang mga salita ng Kanyang mga sumpa ay sinambit din upang gawing perpekto ang tao. Hinahatulan man ng Diyos ang tao o isinusumpa siya, parehong ginagawa nitong perpekto ang tao: Parehong ginagawa ito upang gawing perpekto yaong hindi dalisay sa kalooban ng tao. Sa pamamagitan ng kaparaanang ito ang tao ay pinipino, at yaong kulang sa kalooban ng tao ay ginagawang perpekto sa pamamagitan ng Kanyang mga salita at gawain. Bawat hakbang ng gawain ng Diyos—masasakit na salita man ito, o paghatol, o pagkastigo—ay ginagawang perpekto ang tao, at talagang angkop. Hindi kailanman nakagawa ng gawain ang Diyos sa lumipas na mga kapanahunan na kagaya nito; sa ngayon, gumagawa Siya sa inyong kalooban upang pahalagahan ninyo ang Kanyang karunungan. Bagama't nagtiis na kayo ng kaunting pagdurusa sa inyong kalooban, matatag at payapa ang inyong puso; inyong biyaya ang matamasa ang yugtong ito ng gawain ng Diyos. Anuman ang magagawa ninyong makamit sa hinaharap, lahat ng inyong nakikita sa gawain ng Diyos sa inyo sa ngayon ay pag-ibig. Kung hindi nararanasan ng tao ang paghatol at pagpipino ng Diyos, ang kanyang mga kilos at sigla ay laging mananatiling paimbabaw, at ang kanyang disposisyon ay laging mananatiling hindi nagbabago. Maibibilang ba ito na nakamit ka na ng Diyos? Sa ngayon, bagama't matindi pa rin ang kayabangan at kapalaluan sa kalooban ng tao, mas matatag na ang disposisyon ng tao kaysa rati. Pinakikitunguhan ka ng Diyos upang iligtas ka, at bagama't maaari kang makadama ng kaunting pasakit sa panahong iyon, darating ang araw na magkakaroon ng pagbabago sa iyong disposisyon. Sa oras na iyon, aalalahanin mo ang nakalipas at makikita mo kung gaano karunong ang gawain ng Diyos, at sa oras na iyon ay magagawa mong tunay na maunawaan ang kalooban ng Diyos. Sa ngayon, may ilang taong nagsasabi na nauunawaan nila ang kalooban ng Diyos, ngunit hindi iyon masyadong makatotohanan. Sa katunayan, mga kasinungalingan ang sinasabi nila, dahil sa kasalukuyan ay hindi pa nila nauunawaan kung ang kalooban ng Diyos ay upang iligtas ang tao o isumpa ang tao. Marahil ay hindi mo malinaw na nakikita ito sa ngayon, ngunit darating ang araw na makikita mo na dumating na ang araw ng pagtatamo ng kaluwalhatian Diyos, at makikita mo kung gaano kamakabuluhan ang mahalin ang Diyos, upang maunawaan mo ang buhay ng tao at ang iyong laman ay mabubuhay sa mundo ng pagmamahal sa Diyos, nang ang iyong

espiritu ay lumaya, ang iyong buhay ay mapuno ng galak, at lagi kang magiging malapit sa Diyos at titingin sa Kanya. Sa oras na iyon, tunay mong malalaman kung gaano kahalaga ang gawain ng Diyos sa ngayon.

Sa ngayon, karamihan sa mga tao ay walang gayong kaalaman. Naniniwala sila na ang pagdurusa ay walang halaga, tinatalikuran sila ng mundo, puro problema ang buhay nila sa tahanan, hindi sila minamahal ng Diyos, at ang kanilang hinaharap ay malabo. Ang pagdurusa ng ilang tao ay umaabot sa isang sukduluan, at ang kanilang mga iniisip ay nagiging tungkol sa kamatayan. Hindi ito tunay na pagmamahal sa Diyos; ang gayong mga tao ay mga duwag, wala silang pagtitiyaga, sila ay mahihina at walang lakas! Nasasabik ang Diyos na mahalin Siya ng tao, ngunit kapag lalo Siyang minamahal ng tao, lalong tumitindi ang pagdurusa ng tao, at kapag lalo Siyang minamahal ng tao, lalong tumitindi ang mga pagsubok ng tao. Kung minamahal mo Siya, lahat ng uri ng pagdurusa ay sasapit sa iyo—at kung hindi naman, marahil ay magiging maayos ang lahat para sa iyo at lahat ay magiging payapa sa paligid mo. Kapag minamahal mo ang Diyos, madarama mo na marami sa paligid mo ang hindi mo makakayanan, at dahil ang iyong tayog ay napakaliit ikaw ay pipinuhin; bukod dito, mawawalan ka ng kakayahang mapalugod ang Diyos, at lagi mong madarama na napakatayog ng kalooban ng Diyos, na hindi ito kayang abutin ng tao. Dahil sa lahat ng ito ikaw ay pipinuhin—dahil maraming kahinaan sa iyong kalooban, at marami ang walang kakayahang mapalugod ang kalooban ng Diyos, pipinuhin ang iyong kalooban. Ngunit kailangan ninyong makita nang malinaw na ang pagdadalisay ay natatamo lamang sa pamamagitan ng pagpipino. Kaya, sa mga huling araw na ito ay kailangan ninyong magpatotoo sa Diyos. Gaano man kalaki ang inyong pagdurusa, dapat kayong magpatuloy hanggang sa kahuli-hulihan, at maging sa inyong huling hininga, kailangan pa rin kayong maging tapat sa Diyos at magpasakop sa pagsasaayos ng Diyos; ito lamang ang tunay na pagmamahal sa Diyos, at ito lamang ang malakas at matunog na patotoo. Kapag ikaw ay tinutukso ni Satanas, dapat mong sabihin: “Ang aking puso ay pag-aari ng Diyos, at nakamit na ako ng Diyos. Hindi kita mapapalugod—kailangan kong ilaan ang lahat ng kaya ko sa pagpapalugod sa Diyos.” Kapag lalo mong pinalulugod ang Diyos, lalo kang pagpapalain ng Diyos, at lalong lalaki ang pagmamahal mo sa Diyos; kaya, gayundin, magkakaroon ka ng pananampalataya at paninindigan, at madarama mo na walang mas mahalaga o makabuluhan kaysa sa isang buhay na ginugol sa pagmamahal sa Diyos. Masasabi na kung mahal ng tao ang Diyos, hindi siya malulungkot. Bagama’t may mga pagkakataon na nanghihina ang iyong laman at naliligiran ka ng maraming totoong kaguluhan, sa mga panahong ito tunay kang aasa sa Diyos, at sa kalooban ng iyong espiritu ikaw ay aaliwin, at madarama mo ang katiyakan, at na mayroon kang isang bagay na maaasahan. Sa ganitong paraan, madaraig mo ang maraming sitwasyon, kaya nga hindi ka na magrereklamo tungkol sa Diyos dahil sa dalamhating dinaranas mo. Sa halip, nanaisin mong umawit, sumayaw, at manalangin, makipagtipon at makipagniig, isipin ang Diyos, at madarama mo na lahat ng tao, usapin, at bagay sa paligid mo na isinaayos ng Diyos

ay angkop. Kung hindi mo mahal ang Diyos, lahat ng makikita mo ay makakayamot sa iyo at walang magiging kaaya-aya sa iyong mga mata; hindi ka magiging malaya sa iyong espiritu bagkus ay napipigilan, laging magrereklamo ang puso mo tungkol sa Diyos, at lagi mong madarama na napakarami mong pinagdurusahan, at na hindi iyon makatarungan. Kung hindi ka maghahangad alang-alang sa kaligayahan, kundi upang mapalugod ang Diyos at hindi maakusahan ni Satanas, ang gayong paghahangad ay magbibigay sa iyo ng matinding lakas na mahalín ang Diyos. Naisasagawa ng tao ang lahat ng sinasabi ng Diyos, at lahat ng ginagawa niya ay nagpapalugod sa Diyos—ito ang ibig sabihin ng magtaglay ng realidad. Ang paghahangad na mapalugod ang Diyos ay ginagamit ang pagmamahal mo sa Diyos upang maisagawa ang Kanyang mga salita; anumang oras—kahit walang lakas ang iba—sa iyong kalooban ay may puso pa ring nagmamahal sa Diyos, na lubhang nasasabik at nangungulila sa Diyos. Ito ay tunay na tayog. Ang laki ng iyong tayog ay nakasalalay sa laki ng iyong pagmamahal sa Diyos, kung nagagawa mong maging matatag sa oras ng pagsubok, kung nanghihina ka kapag sumasapit ka sa isang partikular na sitwasyon, at kung kaya mong manindigan kapag inayawan ka ng iyong mga kapatid; ang pagdating ng mga katunayan ay magpapakita kung gaano mo talaga kamahal ang Diyos. Makikita sa marami sa gawain ng Diyos na talagang mahal ng Diyos ang tao, bagama't hindi pa ganap na mulat ang mga mata ng espiritu ng tao at hindi niya malinaw na nakikita ang marami sa gawain ng Diyos at ang Kanyang kalooban, ni ang maraming bagay na kaibig-ibig tungkol sa Diyos; napakaliit ng tunay na pagmamahal ng tao sa Diyos. Naniwala ka na sa Diyos sa buong panahong ito, at sa ngayon ay pinutol na ng Diyos ang lahat ng paraan ng pagtakas. Sa totoo lang, wala kang pagpipilian kundi tahakin ang tamang landas, ang tamang landas na naakay kang tahakin ng mabagsik na paghatol at sukdulang pagliligtas ng Diyos. Pagkatapos lamang makaranas ng paghihirap at pagpipino nalalaman ng tao na ang Diyos ay kaibig-ibig. Sa pagdanas nito hanggang sa ngayon, masasabi na nalaman na ng tao ang isang bahagi ng pagiging kaibig-ibig ng Diyos, ngunit hindi pa rin ito sapat, dahil malaki ang pagkukulang ng tao. Kailangang maranasan ng tao ang higit pa sa kamangha-manghang gawain ng Diyos, at ang higit pa sa buong pagpipino ng pagdurusang isinaayos ng Diyos. Saka lamang mababago ang disposisyon ng tao sa buhay.

Ang Pagmamahal Lamang sa Diyos ang Tunay na Pananampalataya sa Diyos

Ngayon, yamang hinahangad ninyong mahalín at makilala ang Diyos, sa isang banda dapat ninyong tiisin ang hirap at pagpipino, at sa kabilang banda, kailangan ninyong magbayad ng halaga. Walang aral ang mas malalim pa kaysa sa aral na ibigin ang Diyos, at masasabing ang aral na natututuhan ng mga tao sa habambuhay na paniniwala ay kung paano mahalín ang Diyos. Na ang ibig sabihin, kung naniniwala ka

sa Diyos, dapat mong mahalin ang Diyos. Kung naniniwala ka lamang sa Diyos ngunit hindi mo Siya minamahal at hindi mo pa nakamtan ang pagkilala sa Diyos, at hindi mo pa kailanman minahal ang Diyos nang tunay na pagmamahal na mula sa puso mo, ang paniniwala mo sa Diyos ay walang saysay; kung, sa iyong paniniwala sa Diyos, ay hindi mo mahal ang Diyos, nabubuhay ka nang walang kabuluhan, at ang buong buhay mo ang pinakamababa sa lahat ng buhay. Kung, sa buong buhay mo, hindi mo pa kailanman inibig o binigyang-kasiyahan ang Diyos, ano ang saysay ng iyong pamumuhay? At ano ang saysay ng iyong paniniwala sa Diyos? Hindi ba iyon pag-aaksaya lang ng pagsisikap? Na ang ibig sabihin, kung maniniwala at iibigin ng mga tao ang Diyos, dapat silang magbayad ng halaga. Sa halip na subukang kumilos sa isang paraan sa panlabas, dapat silang maghanap ng tunay na kabatiran sa kaibuturan ng kanilang mga puso. Kung masigasig ka sa pag-awit at pagsayaw, ngunit hindi kayang isagawa ang katotohanan, masasabi bang iniibig mo ang Diyos? Ang pag-ibig sa Diyos ay nangangailangan ng paghahanap sa kalooban ng Diyos sa lahat ng bagay, at na malalim kang magsiyasat kapag may anumang nangyayari sa iyo, sinusubukang maunawaan ang kalooban ng Diyos, at sinusubukang makita kung ano ang kalooban ng Diyos sa bagay na ito, kung ano ang nais Niyang makamit mo, at kung paano mo dapat isaisip ang Kanyang kalooban. Halimbawa: May nangyari na kinakailangan kang magtiis ng hirap, kung kailan dapat mong maunawaan kung ano ang kalooban ng Diyos at kung paano mo dapat isaisip ang Kanyang kalooban. Hindi mo dapat bigyang-kasiyahan ang iyong sarili: Isantabi mo muna ang iyong sarili. Wala nang mas kasuklam-suklam pa kaysa sa laman. Kailangan mong sikapin na mabigyan-kasiyahan ang Diyos, at dapat mong tuparin ang iyong tungkulin. Dahil sa gayong mga kaisipan, dadalhan ka ng Diyos ng natatanging kaliwanagan sa bagay na ito, at makakahanap din ng kaginhawahan ang puso mo. Maliit man o malaki, kapag may nangyayari sa iyo, dapat mo munang isantabi ang iyong sarili at ituring ang laman bilang ang pinakamababa sa lahat ng bagay. Habang mas binibigyang-kasiyahan mo ang laman, mas kumikilos ito nang walang permiso; kung bibigyang-kasiyahan mo ito ngayon, higit pa ang hihingin nito sa susunod. Habang nagpapatuloy ito, lalo pang napapamahal sa mga tao ang laman. Ang laman ay laging mayroong maluluhong pagnanasa, palagi nitong hinihingi sa iyo na bigyan ito ng kasiyahan at palugurin ito sa kalooban mo, maging ito man ay sa mga bagay na iyong kinakain, iyong sinusuot, o sa pag-init ng ulo mo, o pagpapabuyo sa mga sarili mong kahinaan at katamaran.... Habang lalo mong binibigyang-kasiyahan ang laman, mas tumitindi ang mga pagnanasa nito, at mas nagiging mapagpasasa ang laman, hanggang umabot sa puntong ang laman ng mga tao ay nagkikimkim na ng mas malalalim pang mga kuru-kuro, at sumusuway sa Diyos, at dinadakila ang sarili nito, at nagiging mapagduda sa gawain ng Diyos. Habang lalo mong binibigyang-kasiyahan ang laman, mas tumitindi ang mga kahinaan ng laman; palagi mong mararamdaman na walang sinumang nakikisimpatiya sa iyong mga kahinaan, lagi kang maniniwalang sumusobra na ang Diyos, at sasabihin mong: “Paano ba naging sobrang malupit ang Diyos? Bakit

hindi Niya lubayan ang mga tao?” Kapag binibigyang-kasiyahan ng mga tao ang laman at labis itong minamahal, sinisira nila ang kanilang sarili. Kung tunay mong iniibig ang Diyos at hindi mo binibigyang-kasiyahan ang laman, makikita mo na ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay napakawasto at napakabuti, at na ang Kanyang sumpa sa iyong paghihimagsik at hatol sa iyong di-pagkamatuwid ay naaangkop. Magkakaroon ng mga panahon na ikaw ay itinutuwid at dinidisciplina ng Diyos, at bumubuo ng kapaligiran para magtimpi ka, pipilit sa iyo na lumapit sa harap Niya—at lagi mong mararamdamang ang ginagawa ng Diyos ay kahanga-hanga. Kaya mararamdaman mong parang hindi masyadong masakit, at na ang Diyos ay talagang kaibig-ibig. Kung magpapabuyo ka sa mga kahinaan ng laman at sasabihing sumusobra na ang Diyos, lagi kang makararamdam na nasasaktan ka, at palagi kang malulumbay, at magiging malabo sa iyo ang lahat ng gawain ng Diyos, at magmumukhang hindi man lang nakikiramay ang Diyos sa mga kahinaan ng tao at hindi batid ang mga paghihirap ng tao. At sa gayon, palagi kang makakaramdam ng kalungkutan at pag-iisa, na para bang nagdusa ka ng malaking kawalan ng katarungan, at sa oras na ito ay magsisimula kang magreklamo. Habang lalo kang nagpapabuyo sa mga kahinaan ng laman sa ganitong paraan, lalo mong mararamdaman na sumusobra na ang Diyos, hanggang sa lumala ito at iyo nang itanggi ang gawain ng Diyos, at magsimulang sumalungat sa Diyos, at maging puno ng pagsuway. Kaya, dapat kang maghimagsik laban sa laman, at hindi magpabuyo rito: “Ang aking asawang lalaki (asawang babae), mga anak, mga inaasam, pag-aasawa, pamilya—walang mahalaga sa kanila! Ang Diyos lamang ang nasa puso ko, at dapat kong subukan sa abot ng aking makakaya na pasiyahin ang Diyos at hindi ang laman.” Dapat kang magkaroon ng ganitong kapasyahan. Kung palagi mong taglay ang ganitong kapasyahan, kapag isinagawa mo ang katotohanan, at isinantabi ang iyong sarili, magagawa mo ito nang walang gaanong hirap. Sinasabi na may isang magsasaka noon na nakakita ng ahas na naninigas sa lamig sa kalsada. Pinulot ito ng magsasaka at inilagay ito sa kanyang dibdib, at matapos na makabawi ng lakas ang ahas ay tinuklaw nito ang magsasaka hanggang sa mamatay ito. Ang laman ng tao ay tulad ng ahas: Ang diwa nito ay ang mapinsala ang kanilang buhay—at kapag ito nga ay ganap na nagtagumpay, mawawala ang iyong buhay. Ang laman ay pagmamay-ari ni Satanas. Sa loob nito ay mayroong maluluhong pagnanasa, iniisip lamang nito ang sarili nito, nais nitong magtamasa ng kaginhawahan at magsaya sa paglilibang, magumon sa kakuparan at katamaran, at matapos itong bigyang-kasiyahan nang bahagya ay kakainin kayo nito sa bandang huli. Na ang ibig sabihin, kung bibigyang-kasiyahan ninyo ito ngayon, mas marami itong hihingin sa susunod. Lagi itong may maluluhong pagnanasa at mga bagong kahilingan, at sinasamantala ang iyong pagkabuyo sa laman upang gawin kang mas pahalagahan ito at mamuhay kasama ng mga ginhawa nito—at kung hindi mo ito madaraig, sisirain mo ang iyong sarili sa huli. Kung makakapagkamit ka ng buhay sa harap ng Diyos, at kung ano ang iyong magiging katapusan sa huli, ay nakasalalay sa kung paano mo isinasagawa ang iyong paghihimagsik laban sa laman. Iniligtas ka ng

Diyos, at ikaw ay pinili at itinalaga, ngunit kung ngayon ay ayaw mo Siyang bigyang-kasiyahan, ayaw mong isagawa ang katotohanan, ayaw mong maghimagsik laban sa iyong sariling laman nang may pusong tunay na nagmamahal sa Diyos, sa bandang huli ay ipapahamak mo ang iyong sarili, at sa gayon ay magtitiis ng matinding sakit. Kung lagi kang nagpapabuyo sa laman, dahan-dahan kang lulunukin ni Satanas, at iiwan kang walang buhay, o haplos ng Espiritu, hanggang dumating ang araw na ganap nang madilim ang kalooban mo. Kapag nabubuhay ka sa kadiliman, nabihag ka na ni Satanas, hindi mo na taglay ang Diyos sa puso mo, at sa panahong iyon ay pabubulaanan mo ang pag-iral ng Diyos at iiwanan Siya. Kaya, kung nais ng mga taong ibigin ang Diyos, dapat silang magbayad ng sakit at magtiis ng paghihirap. Hindi na kailangan ang panlabas na pagkataimtim at paghihirap, higit na pagbabasa at dagdag na pagiging abala; sa halip, dapat nilang isantabi ang mga bagay na nasa kanilang kalooban: ang maluluhong kaisipan, mga personal na interes, at ang sarili nilang mga konsiderasyon, mga kuru-kuro at mga layunin. Iyon ang kalooban ng Diyos.

Ang pakikitungo ng Diyos sa panlabas na disposisyon ng mga tao ay isa ring bahagi ng Kanyang gawain; ang pakikitungo sa panlabas at di-normal na pagkatao ng mga tao, halimbawa, o sa kanilang uri ng pamumuhay at mga gawi, kanilang mga paraan at kaugalian, pati na rin kanilang mga panlabas na pagsasagawa, at kanilang sigasig. Ngunit kapag Kanyang hinihiling sa mga tao na isagawa ang katotohanan at baguhin ang kanilang mga disposisyon, ang pangunahing pinakikitunguhan ay ang mga intensyon at kuru-kuro sa kalooban nila. Hindi mahirap na pakitunguhan lamang ang iyong panlabas na disposisyon; ito ay tulad ng paghingi sa iyo na huwag kainin ang mga bagay na gusto mo, na madali lang. Subalit, ang may kinalaman sa mga kuru-kuro na nasa iyong kalooban ay hindi madaling pakawalan: Kailangan nito para sa tao na labanan ang laman, at mabayad ng halaga, at magdusa sa harap ng Diyos. Lalo nang ganito pagdating sa mga intensyon ng mga tao. Magmula nang maniwala ang mga tao sa Diyos, nagkimkim na sila ng maraming maling intensyon. Kapag hindi mo isinasagawa ang katotohanan, nararamdaman mong lahat ng iyong layunin ay tama, ngunit kapag may nangyari sa iyo, makikita mong maraming maling intensyon sa kalooban mo. Kaya, kapag ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao, sinasanhi Niya na matanto nila na maraming kuru-kuro sa kanilang kalooban na humahadlang sa kanilang pagkakilala sa Diyos. Kapag natatanto mong mali ang iyong mga intensyon, kung nagagawa mong itigil ang pagsasagawa ayon sa iyong mga kuru-kuro at intensyon, at nagagawa mong magpatotoo sa Diyos at panindigan ang iyong posisyon sa lahat ng nangyayari sa iyo, nagpapatunay ito na nalabanan mo na ang laman. Kapag nilalabanan mo ang laman, tiyak na magkakaroon ng isang labanan sa iyong kalooban. Susubukang himukin ni Satanas ang mga tao na sundin ito, susubukan sila nitong utusan na sundin ang mga kuru-kuro ng laman at panindigan ang mga interes ng laman—ngunit liliwanagan at paliliwanagin ng mga salita ng Diyos ang kalooban ng mga tao, at sa oras na ito ay nasa iyo na kung susundin mo ang Diyos o susundin si Satanas. Pangunahing hinihingi ng

Diyos sa mga tao na isagawa ang katotohanan upang pakitunguhan ang mga bagay na nasa kalooban nila, upang pakitunguhan ang kanilang mga kaisipan at mga kuru-kuro na hindi kaayon ng puso ng Diyos. Pinupukaw ng Banal na Espiritu ang mga tao sa kanilang puso, at nililiwanagan at pinaliliwanag sila. Kaya sa likod ng lahat ng bagay na nangyayari ay isang labanan: Tuwing isinasagawa ng mga tao ang katotohanan, o isinasagawa ang pagmamahal sa Diyos, mayroong isang malaking labanan, at bagama't maaaring mukhang maayos ang lahat sa kanilang laman, sa kaibuturan ng kanilang mga puso, sa katunayan ay nagpapatuloy ang isang labanan sa pagitan ng buhay at kamatayan—at matapos lamang ng matinding labanang ito, matapos ang napakaraming pagmumuni-muni, saka mapagpapasyahan ang tagumpay o pagkatalo. Hindi alam ng isang tao kung tatawa o hihikbi. Dahil marami sa mga intensyon na nasa kalooban ng mga tao ang mali, o kaya'y dahil marami sa gawain ng Diyos ang taliwas sa kanilang mga kuru-kuro, kapag isinagawa ng mga tao ang katotohanan, isang malaking labanan ang nagaganap sa likod ng mga eksena. Matapos maisagawa ang katotohanang ito, sa likod ng mga eksena, hindi na mabilang ang mga patak ng luha ng mga tao dahil sa kalungkutan bago nila tuluyang napagpasyahan na bigyang-kasiyahan ang Diyos. Dahil sa labanang ito kung kaya't dumaranas ang mga tao ng paghihirap at pagdadalisay; ito ay totoong pagdurusa. Kapag nangyari sa iyo ang labanan, kung magagawa mong tunay na pumanig sa Diyos, magagawa mong bigyan ng kasiyahan ang Diyos. Habang isinasagawa ang katotohanan, tiyak na magdurusa ang kalooban ng isang tao; kung, kapag isinagawa nila ang katotohanan, ang lahat ng nasa kalooban ng mga tao ay tama, hindi na sila kailangan pang gawing perpekto ng Diyos, at hindi magkakaroon ng labanan, at hindi sila magdurusa. Dahil maraming bagay sa kalooban ng tao ang hindi akmang gamitin ng Diyos, at dahil maraming mapanghimagsik na disposisyon ng laman, kung kaya't kailangang mas malalim na matutuhan ng tao ang aral ng paglaban sa laman. Ito ang tinatawag ng Diyos na paghihirap na Kanyang hiningi sa tao na pagdaanan kasama Niya. Kapag nakakaranas ka ng mga paghihirap, magmadali kang manalangin sa Diyos: “O Diyos! Nais kong magbigay-kasiyahan sa Iyo, nais kong tiisin ang sukdulang paghihirap upang makapagbigay-kasiyahan sa Iyong puso, at gaano man kalaki ang mga dagok na aking makatagpo, kailangan ko pa ring magbigay-kasiyahan sa Iyo. Kahit na kailanganin ko pang ibigay ang aking buong buhay, kailangan ko pa ring magbigay-kasiyahan sa Iyo!” Kapag may ganito kang kapasyahan, kapag nananalangin ka nang ganito, magagawa mong panindigan ang iyong patotoo. Tuwing isinasagawa nila ang katotohanan, tuwing sumasailalim sila sa pagpipino, tuwing sinusubok sila, at tuwing dumarating sa kanila ang gawain ng Diyos, kailangang magtiis ang mga tao ng matinding sakit. Ang lahat ng ito ay isang pagsubok para sa mga tao, at kaya sa loob nilang lahat ay may isang digmaan. Ito ang aktwal na halagang kanilang binabayaran. Ang higit pang pagbabasa ng mga salita ng Diyos at higit pang pag-aabala ay bahagi ng kabayaranang iyon. Ito ang nararapat gawin ng mga tao, tungkulin nila ito, at ang pananagutan na dapat nilang tuparin, ngunit dapat na isantabi ng mga tao yaong

nasa loob nila na kailangang maisantabi. Kung hindi, gaano man katindi ang iyong panlabas na pagdurusa, gaano ka man magpakaabala, ang lahat ay mawawalan ng kabuluhan! Na ang ibig sabihin, tanging ang mga pagbabago sa iyong kalooban ang makapagsasabi kung may halaga ang iyong panlabas na paghihirap. Kapag nagbago na ang iyong panloob na disposisyon at naisagawa mo na ang katotohanan, magkakamit ng pagsang-ayon ng Diyos ang lahat ng iyong panlabas na paghihirap; kung walang naging pagbabago sa iyong panloob na disposisyon, kahit gaano karaming paghihirap ang iyong tiisin o gaano ka man magpakaabala sa panlabas, walang magiging pagsang-ayon mula sa Diyos—at ang paghihirap na hindi pinagtibay ng Diyos ay walang kabuluhan. Kaya, kung sinasang-ayunan ng Diyos ang halaga na iyong ibinayad ay malalaman sa pamamagitan ng kung nagkaroon na ba ng pagbabago sa iyo o hindi, at kung isinasagawa mo ba ang katotohanan o hindi at kung lumalaban ka ba sa sarili mong mga intensyon at mga kuru-kuro upang makamit ang pagsasakatuparan kalooban ng Diyos, ang pagkakilala sa Diyos, at ang katapatan sa Diyos. Gaano man ang iyong pag-aabala, kung hindi mo pa kailanman nagawang labanan ang sarili mong mga intensyon, kundi naghahanap ka lamang ng panlabas na mga aksyon at sigasig, at hindi kailanman nagbibigay-pansin sa iyong buhay, ang iyong paghihirap ay walang kabuluhan. Kung, sa isang tiyak na kapaligiran, mayroon kang nais sabihin, ngunit sa iyong kalooban ay nararamdaman mong hindi tamang sabihin ito, na ang pagsasabi nito ay hindi makabubuti sa iyong mga kapatid, at maaaring makasakit sa kanila, hindi mo ito sasabihin, at pipiliin mong tahimik na masaktan ang kalooban mo, sapagka't hindi matutugunan ng mga salitang ito ang kalooban ng Diyos. Sa oras na ito, magkakaroon ng paglalaban sa iyong kalooban, ngunit ikaw ay magiging handang magdusa ng sakit at isuko ang iyong iniibig. Magiging handa kang tiisin ang pagdurusang ito upang bigyang-kasiyahan ang Diyos, at bagama't magdurusa ng sakit ang kalooban mo, hindi ka magpapadala sa laman, at ang puso ng Diyos ay masisiyahan, at kaya mapagiginhawa rin ang kalooban mo. Ito ang tunay na pagbabayad ng halaga, at ang halagang ninanais ng Diyos. Kung nagsasagawa ka sa ganitong paraan, siguradong pagpapalain ka ng Diyos; kung hindi mo makamit ito, gaano karami man ang nauunawaan mo, o gaano ka man kahusay sa pananalita, itong lahat ay para sa wala! Kung, sa landas tungo sa pagmamahal sa Diyos, nagagawa mong tumayo sa panig ng Diyos kapag nakikipaglaban Siya kay Satanas, at hindi ka bumabalik kay Satanas, nakamit mo na ang pagmamahal sa Diyos, at nakapanindigan ka na sa iyong patotoo.

Sa bawat hakbang ng gawaing ginagawa ng Diyos sa kalooban ng mga tao, sa panlabas ay mukha itong pag-uugnayan sa pagitan ng mga tao, na para bang mula sa pagsasaayos ng tao, o mula sa panghihimasok ng tao. Ngunit sa likod ng mga eksena, ang bawat hakbang ng gawain, at lahat ng nangyayari, ay isang pustahan na ginawa ni Satanas sa harap ng Diyos, at hinihingi sa mga tao na manindigan sa kanilang patotoo sa Diyos. Gaya nang si Job ay sinubukan, halimbawa: Sa likod ng mga eksena, nakikipagpustahan si Satanas sa Diyos, at ang nangyari kay Job ay mga gawa ng tao,

at panghihimasok ng mga tao. Sa likod ng bawat hakbang ng gawaing ginagawa ng Diyos sa inyo ay ang pakikipagpustahan ni Satanas sa Diyos—sa likod ng lahat ng ito ay isang labanan. Halimbawa, kung ikaw ay may pagkiling tungo sa iyong mga kapatid, magkakaroon ka ng mga salita na nais mong sabihin—mga salita na sa pakiramdam mo ay maaaring hindi ikatuwa ng Diyos—ngunit kung hindi mo sasabihin ang mga ito, makararamdam ka ng paghihirap sa kalooban mo, at sa sandaling ito, magsisimula ang isang paglalaban sa kalooban mo: “Magsasalita ba ako o hindi?” Ito ang paglalaban. Kaya, sa lahat ng bagay na makatagpo mo ay may labanan, at kapag may labanan sa iyong kalooban, dahil sa iyong aktwal na kooperasyon at aktwal na pagdurusa, gumagawa ang Diyos sa iyong kalooban. Sa huli, nagagawa mong isantabi sa kalooban mo ang pangyayari at ang galit ay likas na nawawala. Ganito ang epekto ng iyong pakikipagtulungan sa Diyos. Kailangan ng mga taong magbayad ng isang tiyak na halaga sa kanilang mga pagsisikap sa lahat ng kanilang ginagawa. Kung walang aktwal na paghihirap, hindi nila mabibigyang-kasiyahan ang Diyos, hindi man lamang sila kalapitan sa pagbibigay-kasiyahan sa Diyos, at nagbubuga lamang sila ng mga hungkag na kasabihan! Mabibigyang-kasiyahan ba ng mga hungkag na kasabihang ito ang Diyos? Kapag naglalaban sa espirituwal na dako ang Diyos at si Satanas, paano mo dapat bigyang-kasiyahan ang Diyos, at paano ka dapat manindigan sa iyong patotoo sa Kanya? Dapat mong malaman na ang lahat ng nangyayari sa iyo ay isang malaking pagsubok at ang oras na kailangan ka ng Diyos na magpatotoo. Bagama’t maaaring hindi mukhang mahalaga ang mga ito sa panlabas, kapag nangyayari ang mga bagay na ito, ipinakikita ng mga ito kung mahal mo ba o hindi ang Diyos. Kung mahal mo, makakapanindigan ka sa iyong patotoo sa Kanya, at kung hindi mo naisagawa ang pag-ibig sa Kanya, ipinapakita nito na ikaw ay hindi isang taong nagsasagawa ng katotohanan, na ikaw ay walang katotohanan, at walang buhay, na ikaw ay ipa! Ang lahat ng bagay na nangyayari sa mga tao ay nangyayari kapag kailangan sila ng Diyos na manindigan sa kanilang pagpapatotoo sa Kanya. Bagama’t walang malaking nangyayari sa iyo sa sandaling ito at hindi ka lubos na nagpapatotoo, ang bawat detalye ng iyong pang-araw-araw na buhay ay isang patotoo sa Diyos. Kung makakamit mo ang paghanga ng iyong mga kapatid, mga miyembro ng iyong pamilya, at lahat ng tao sa iyong paligid; kung, isang araw, dumating ang mga hindi mananampalataya, at humanga sa lahat ng iyong ginagawa, at makitang ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay kahanga-hanga, nakapagpatotoo ka na. Kahit wala kang kabatiran at mababa ang iyong kakayahan, sa pamamagitan ng pagperpekto sa iyo ng Diyos, nagagawa mong bigyan Siya ng kasiyahan at isaisip ang Kanyang kalooban, na ipinapakita sa iba ang dakilang gawaing nagawa Niya sa mga tao na may pinakamababang kakayahan. Kapag nakikilala ng mga tao ang Diyos at nagiging mga mananagumpay sila sa harap ni Satanas, na lubhang matapat sa Diyos, wala nang iba pang mas may lakas kaysa sa grupong ito ng mga tao, at ito ang pinakadakilang patotoo. Bagama’t hindi mo kayang gumawa ng dakilang gawain,

kaya mong bigyang-kasiyahan ang Diyos. Hindi maisantabi ng iba ang kanilang mga kuru-kuro, ngunit kaya mo; hindi kaya ng iba na magpatotoo sa Diyos sa panahon ng kanilang aktwal na mga karanasan, ngunit nagagamit mo ang iyong aktwal na katayuan at mga pagkilos upang suklian ang pagmamahal ng Diyos at magbigay ng maugong na patotoo sa Kanya. Ito lamang ang mabibilang na aktwal na pagmamahal sa Diyos. Kung hindi mo ito kayang gawin, hindi ka nagpapatotoo sa mga miyembro ng iyong pamilya, sa iyong mga kapatid, o sa harap ng mga tao sa mundo. Kung hindi mo kayang magpatotoo sa harap ni Satanas, tatawanan ka ni Satanas, ituturing ka nito bilang isang katatawanan, bilang isang laruan, madalas ka nitong lilinlangin, at gagawin kang baliw. Sa hinaharap, maaaring dumating sa iyo ang malalaking pagsubok—pero ngayon, kung mahal mo ang Diyos nang may tapat na puso, at gaano man kalaki ang mga pagsubok na darating, anuman ang mangyari sa iyo, nagagawa mong panindigan ang iyong pagpapatotoo, at nagagawa mong bigyang-kasiyahan ang Diyos, pagiginhawahin ang iyong puso, at hindi ka matatakot gaano man kalaki ang mga pagsubok na iyong makakatagpo sa hinaharap. Hindi ninyo makikita kung ano ang mangyayari sa hinaharap; maaari lamang ninyong bigyang-kasiyahan ang Diyos sa mga kalagayan sa ngayon. Wala kayong kakayahang gumawa ng anumang dakilang gawain at dapat kayong tumuon sa pagbibigay-kasiyahan sa Diyos sa pamamagitan ng pagdanas ng Kanyang mga salita sa tunay na buhay, at magpahayag ng matibay at maugong na pagpapatotoo na nagdadala ng kahihyan kay Satanas. Bagama't mananatili ang iyong laman na hindi ganap na nasisiyahan at nagdusa, naghatid ka ng kasiyahan sa Diyos at nagdala ng kahihyan kay Satanas. Kung lagi kang nagsasagawa sa ganitong paraan, magbubukas ang Diyos ng isang landas sa harap mo. Kapag, isang araw, dumating ang isang malaking pagsubok, babagsak ang iba, ngunit makatatayo ka nang matatag: Dahil sa halaga na iyong binayaran, iingat ka ng Diyos upang matatag kang makatayo at hindi bumagsak. Kung sa karaniwan ay naisasagawa mo ang katotohanan at nabibigyang-kasiyahan ang Diyos nang may pusong tunay na nagmamahal sa Kanya, tiyak na iingat ka ng Diyos sa mga pagsubok sa hinaharap. Bagama't hangal ka at mababa ang katayuan at mahina ang kakayahan, hindi kikiling ang Diyos laban sa iyo. Batay ito sa kung ang iyong mga layunin ay tama. Ngayon, nabibigyang-kasiyahan mo ang Diyos, kung saan maasikaso ka sa pinakamaliliit na detalye, pinalulugod mo ang Diyos sa lahat ng bagay, mayroon kang pusong tunay na nagmamahal sa Diyos, ibinibigay mo ang tunay mong puso sa Diyos, at bagama't may ilang bagay na hindi mo maunawaan, kaya mong humarap sa Diyos upang maitama ang iyong mga intensyon, at hanapin ang kalooban ng Diyos, at ginagawa mo ang lahat na kailangan upang bigyang-kasiyahan ang Diyos. Marahil ay iiwan ka ng lahat ng iyong kapatid, ngunit palulugurin ng puso mo ang Diyos, at hindi mo pagnanasaan ang mga kasiyahan ng laman. Kung lagi kang nagsasagawa sa ganitong paraan, iingat ka pagdating sa iyo ng malalaking pagsubok.

Sa anong panloob na kalagayan ng mga tao nakatutok ang mga pagsubok?

Nakatutok ang mga ito sa mapanghimagsik na disposisyon ng mga tao na walang kakayahang magbigay-kasiyahan sa Diyos. Maraming hindi malinis sa kalooban ng mga tao, at maraming mapag-imbabaw, kaya isinasailalim ng Diyos ang mga tao sa mga pagsubok upang linisin sila. Ngunit kung ngayon ay nagagawa mong bigyang-kasiyahan ang Diyos, ang mga pagsubok sa hinaharap ay magiging pagpeperpekto sa iyo. Kung ngayon ay hindi mo nagagawang bigyang-kasiyahan ang Diyos, ang mga pagsubok sa hinaharap ay tutukso sa iyo, at matutumba ka nang hindi mo namamalayan, at sa oras na iyon hindi mo matutulungan ang iyong sarili, sapagka't hindi mo kayang sumabay sa gawain ng Diyos, at wala kang tunay na katayuan. At kaya, kung nais mong makapanindigan sa hinaharap, mas bigyang-kasiyahan ang Diyos, at sumunod sa Kanya hanggang sa pinakawakas, kailangan mong bumuo ngayon ng isang matatag na pundasyon. Dapat mong bigyang-kasiyahan ang Diyos sa pamamagitan ng pagsasagawa ng katotohanan sa lahat ng bagay, at isaisip ang Kanyang kalooban. Kung lagi kang nagsasagawa sa ganitong paraan, magkakaroon ng pundasyon sa kalooban mo, at pupukawin sa iyo ng Diyos ang isang pusong nagmamahal sa Kanya, at bibigyan ka Niya ng pananampalataya. Isang araw, kapag tunay na dumating sa iyo ang isang pagsubok, maaari kang magdusa ng kaunting sakit at medyo malungkot, at magdusa ng matinding dalamhati, na para bang ikaw ay namatay—ngunit ang iyong pagmamahal sa Diyos ay hindi magbabago, at magiging mas malalim pa nga. Ganyan ang mga pagpapala ng Diyos. Kung nagagawa mong tanggapin ang lahat ng sinasabi at ginagawa ng Diyos ngayon nang may isang pusong masunurin, tiyak na pagpapalain ka ng Diyos, at sa gayon magiging isa kang taong pinagpala ng Diyos at tumatanggap ng Kanyang pangako. Kung ngayon ay hindi ka nagsasagawa, kapag dumating sa iyo ang mga pagsubok balang araw, mawawalan ka ng pananampalataya o mapagmahal na puso, at sa oras na iyon ang pagsubok ay magiging tukso; malulublob ka sa gitna ng panunukso ni Satanas at hindi magkakaroon ng paraan upang makatakas. Ngayon, maaaring kaya mong manindigan kapag dumarating sa iyo ang isang maliit na pagsubok, ngunit hindi nangangahulugang magagawa mong manindigan kapag dumating sa iyo ang isang malaking pagsubok balang araw. Ang ilang tao ay palalo at iniisip na malapit na silang maging perpekto. Kung hindi ka sisid nang mas malalim sa nasabing mga pagkakataon, at mananatiling kampante, malalagay ka sa panganib. Ngayon, hindi ginagawa ng Diyos ang gawain ng mas matitinding pagsubok at tila maayos ang lahat, ngunit kapag sinubukan ka ng Diyos, matutuklasan mong masyado kang kulang, dahil masyadong mababa ang katayuan mo at wala kang kakayahang magtiis ng matitinding pagsubok. Kung mananatili ka kung paano ka ngayon at hindi ka kumikilos, babagsak ka pagdating ng mga pagsubok. Dapat ninyong tingnan nang madalas kung gaano kababa ang inyong katayuan; sa ganitong paraan lamang kayo uunlad. Kung sa mga panahon lamang ng pagsubok mo makikita na napakababa ng iyong katayuan, na ang iyong tibay ng loob ay napakahina, na napakakaunti lamang sa loob mo ang tunay, at hindi ka sapat para

sa kalooban ng Diyos—kung saka mo lamang mapagtatanto ang mga bagay na ito, magiging huli na ang lahat.

Kung hindi mo alam ang disposisyon ng Diyos, tiyak na mahuhulog ka kapag may mga pagsubok, dahil hindi mo alam kung paano ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao; at sa anong paraan Niya ginagawa silang perpekto, at kapag dumating ang mga pagsubok ng Diyos sa iyo at hindi sila tumutugma sa iyong mga kuru-kuro, hindi mo magagawang manindigan. Ang totoong pagmamahal ng Diyos ay ang Kanyang buong disposisyon, at kapag ipinapakita sa mga tao ang buong disposisyon ng Diyos, ano ang dala nito sa iyong laman? Kapag ipinapakita sa mga tao ang matuwid na disposisyon ng Diyos, tiyak na daranas ng matinding sakit ang kanilang laman. Kung hindi mo pagdurusa ang sakit na ito, hindi ka magagawang perpekto ng Diyos, at hindi ka rin makapag-uukol ng totoong pagmamahal sa Diyos. Kung ginagawa kang perpekto ng Diyos, tiyak na ipakikita Niya sa iyo ang Kanyang buong disposisyon. Mula sa panahon ng paglikha hanggang ngayon, hindi pa kailanman ipinakita ng Diyos ang Kanyang buong disposisyon sa tao—ngunit sa mga huling araw, Kanyang ibinubunyag ito sa grupong ito ng mga tao na Kanya nang itinalaga at pinili, at sa pagpeperpekto sa mga tao, Kanyang inilalantad ang Kanyang mga disposisyon, kung saan sa pamamagitan nito ay Kanyang ginagawang ganap ang isang grupo ng mga tao. Ganyan ang tunay na pag-ibig ng Diyos sa mga tao. Ang pagdanas ng tunay na pag-ibig ng Diyos ay nangangailangan sa mga tao na magtiis ng matinding sakit, at magbayad ng isang malaking halaga. Pagkatapos lamang nito na sila ay makakamit ng Diyos at magagawang magsukli ng kanilang tunay na pag-ibig sa Diyos, at saka lamang masisiyahan ang puso ng Diyos. Kung nais ng mga tao na gawin silang perpekto ng Diyos, at kung nais nilang gawin ang Kanyang kalooban, at ganap na ipagkaloob ang kanilang tunay na pag-ibig sa Diyos, dapat nilang maranasan ang matinding pagdurusa at maraming pasakit mula sa mga pagkakataon, at magdusa ng sakit na mas masahol pa kaysa kamatayan. Sa huli, mapipilitan silang ibigay ang kanilang totoong puso pabalik sa Diyos. Kung tunay na mahal o hindi ng isang tao ang Diyos ay nabubunyag sa panahon ng paghihirap at pagdadalisay. Nililinis ng Diyos ang pag-ibig ng mga tao, at ito rin ay nakakamit lamang sa gitna ng paghihirap at pagdadalisay.

Isang Maikling Pagtalakay Tungkol sa “Dumating Na ang Milenyong Kaharian”

Ano ang palagay ninyo tungkol sa pangitain ng Milenyong Kaharian? Madalas itong isipin ng ilang tao, at sinasabi nila: “Tatagal ang Milenyong Kaharian nang isang libong taon sa lupa, kaya kung walang asawa ang nakatatandang mga miyembro ng iglesia, dapat ba silang mag-asawa? Walang pera ang pamilya ko, dapat ba akong magsimulang kumita ng pera? ...” Ano ang Milenyong Kaharian? Alam ba ninyo? Malabo ang isip ng

mga tao at nagdaranas ng matinding pagsubok. Sa katunayan, hindi pa opisyal na dumarating ang Milenyong Kaharian. Sa yugto na gagawing perpekto ang mga tao, baguhan pa lamang ang Milenyong Kaharian; sa panahon ng Milenyong Kaharian na binabanggit ng Diyos, nagawa nang perpekto ang tao. Dati-rati, sinabi na ang mga tao ay magiging katulad ng mga banal at maninindigan sa lupain ng Sinim. Kapag ginawa nang perpekto ang mga tao—kapag sila ay naging mga banal na binabanggit ng Diyos—saka lamang darating ang Milenyong Kaharian. Kapag ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao, dinadalisa Niya sila, at kung sila ay mas dalisa ay mas ginagawa silang perpekto ng Diyos. Kapag naalis ang karumihan, pagkasuwail, pagsalungat, at mga bagay na maka-laman sa iyong kalooban, kapag pinadalisa ka na, pakamamahalin ka ng Diyos (sa madaling salita, magiging isa kang banal); kapag nagawa kang perpekto ng Diyos at naging isang banal, mapupunta ka sa Milenyong Kaharian. Ngayon ang Kapanahunan ng Kaharian. Sa Kapanahunan ng Milenyong Kaharian aasa ang mga tao sa mga salita ng Diyos upang mabuhay, at lahat ng bansa ay mapapasailalim sa pangalan ng Diyos, at lahat ay magbabasa ng mga salita ng Diyos. Sa oras na iyon, ang ilan ay tatawag sa telepono, ang ilan ay magpapadala ng fax ... gagamitin nila ang bawat kaparaanan upang makuha ang mga salita ng Diyos, at kayo rin ay mapasasailalim sa mga salita ng Diyos. Ang lahat ng ito ang nangyayari matapos gawing perpekto ang mga tao. Ngayon, ang mga tao ay ginagawang perpekto, pinipino, nililiwanagan, at ginagabayan sa pamamagitan ng mga salita; ito ang Kapanahunan ng Kaharian, ito ang yugto na ginagawang perpekto ang mga tao, at wala itong kaugnayan sa Kapanahunan ng Milenyong Kaharian. Sa Kapanahunan ng Milenyong Kaharian, nagawa nang perpekto ang mga tao at napadalisa na ang mga tiwaling disposisyon sa kanilang kalooban. Sa oras na iyon, gagabayan ng mga salitang sinambit ng Diyos ang mga tao sa paisa-isang hakbang, at ibubunyag ang lahat ng hiwaga ng gawain ng Diyos mula sa panahon ng paglikha hanggang ngayon, at sasabihin ng Kanyang mga salita sa mga tao ang mga kilos ng Diyos sa bawat kapanahunan at bawat araw, kung paano Niya ginagabayan ang mga tao sa kanilang kalooban, ang gawaing Kanyang ginagawa sa espirituwal na dako, at sasabihin sa kanila ang mga galaw sa espirituwal na dako. Saka lamang iyon tunay na magiging Kapanahunan ng Salita; ngayo'y nasa baguhang kalagayan pa lamang ito. Kung hindi magagawang perpekto at madadalisa ang mga tao, wala silang paraan para mabuhay nang isang libong taon sa lupa, at di-maiiwasang mabulok ang kanilang katawan; kung ang kalooban ng mga tao ay dinalisa, at hindi na sila nabibilang kay Satanas at sa laman, mananatili silang buhay sa lupa. Sa yugtong ito malabo pa rin ang isip mo, at nararanasan lamang ninyo ay ang pagmamahal sa Diyos at pagpapatotoo tungkol sa Kanya sa bawat araw na nabubuhay kayo sa lupa.

Ang “Dumating na ang Milenyong Kaharian,” ay isang propesiya, kahalintulad ito ng panghuhula ng isang propeta, kung saan ipinopropesiya ng Diyos kung ano ang mangyayari sa hinaharap. Ang mga salitang sinasambit ng Diyos sa hinaharap at ang mga salitang sinasambit Niya ngayon ay hindi magkapareho: Ang mga salita ng hinaharap

ay gagabay sa kapanahunan, samantalang ang mga salitang sinasambit Niya ngayon ay ginagawang perpekto ang mga tao, pinipino sila, at pinakikitunguhan sila. Ang Kapanahunan ng Salita sa hinaharap ay naiiba sa Kapanahunan ng Salita ngayon. Ngayon, lahat ng salitang sinasambit ng Diyos— anumang kaparaanan ang Kanyang ginagamit sa pagsasalita—ay upang gawing perpekto ang mga tao, para dalisayin yaong marumi ang kalooban, para gawin silang banal, at gawin silang matuwid sa harap ng Diyos. Ang mga salitang sinasambit ngayon, at ang mga salitang sasambitin sa hinaharap, ay dalawang magkahiwalay na bagay. Ang mga salitang sinasambit sa Kapanahunan ng Kaharian ay para hikayatin ang mga tao na pumasok sa lahat ng pagsasanay, para dalhin ang mga tao sa tamang landas sa lahat ng bagay, para maalís ang lahat ng marumi sa kanila. Gayon ang ginagawa ng Diyos sa kapanahunang ito. Lumilikha Siya ng isang pundasyon ng Kanyang mga salita sa bawat tao, ginagawa Niyang buhay ng bawat tao ang Kanyang mga salita, at ginagamit Niya ang Kanyang mga salita para palaging liwanagan at gabayan sila sa kanilang kalooban. At kapag hindi isinasaisip ang kalooban ng Diyos, pasasaloob nila ang mga salita ng Diyos para sawayin at disiplinahin sila. Ang mga salita ng ngayon ay para maging buhay ng tao; tuwirang ibinibigay ng mga ito ang lahat ng kailangan ng tao, lahat ng wala sa iyong kalooban ay inilalaan ng mga salita ng Diyos, at lahat ng mga tumatanggap sa mga salita ng Diyos ay naliliwanagan sa pamamagitan ng pagkain at pag-inom ng Kanyang mga salita. Ang mga salitang sasambitin ng Diyos sa hinaharap ay gumagabay sa mga tao sa buong sansinukob; ngayon, ang mga salitang ito ay ipinapahayag lamang sa China, at hindi kumakatawan ang mga ito sa mga sinasambit sa buong sansinukob. Magsasalita lamang ang Diyos sa buong sansinukob kapag dumating na ang Milenyong Kaharian. Dapat mong malaman na ang mga salitang sinasambit ng Diyos ngayon ay pawang para gawing perpekto ang mga tao; ang mga salitang sinasambit ng Diyos sa yugtong ito ay upang maglaan para sa mga pangangailangan ng mga tao, hindi upang tulutan kang malaman ang mga hiwaga o makita ang mga himala ng Diyos. Siya ay nagsasalita sa maraming kaparaanan upang maglaan para sa mga pangangailangan ng mga tao. Ang Kapanahunan ng Milenyong Kaharian ay hindi pa dumarating—ang Kapanahunan ng Milenyong Kaharian na binabanggit ay ang araw ng kaluwalhatian ng Diyos. Nang matapos na ang gawain ni Jesus sa Judea, inilipat ng Diyos ang Kanyang gawain sa mainland China at bumuo Siya ng isa pang plano. Ginagawa Niya ang isa pang bahagi ng Kanyang gawain sa inyo, ginagawa Niya ang gawain na gawing perpekto ang mga tao gamit ang mga salita, at gumagamit Siya ng mga salita para masaktan nang husto ang mga tao at magtamo rin ng maraming biyaya ng Diyos. Ang yugtong ito ng gawain ay lilikha ng isang grupo ng mga mananagumpay, at matapos Niyang gawin ang grupong ito ng mga mananagumpay, magagawa nilang magpatotoo tungkol sa Kanyang mga gawa, magagawa nilang isabuhay ang realidad, at talagang mabibigyang-kasiyahan nila Siya at magiging tapat sila sa Kanya hanggang kamatayan, at sa paraang ito ay magtatamo ng kaluwalhatian ang Diyos. Kapag nagtamo ng kaluwalhatian ang Diyos—ibig sabihin,

kapag nagawa Niyang perpekto ang grupong ito ng mga tao, iyon na ang magiging Kapanahunan ng Milenyong Kaharian.

Nasa lupa si Jesus sa loob ng tatlumpu't tatlo at kalahating taon, pumarito Siya para gawin ang gawaing magpapako sa krus, at sa pamamagitan ng pagkapako sa krus ay nakamit ng Diyos ang isang bahagi ng Kanyang kaluwalhatian. Nang pumarito ang Diyos sa katawang-tao, nagawa Niyang magpakumbaba at maging tago, at magtiis ng matinding pagdurusa. Bagama't Siya ang Diyos Mismo, tiniis pa rin Niya ang bawat kahihyan at bawat panlalait, at tiniis Niya ang matinding sakit ng maipako sa krus para tapusin ang gawain ng pagtubos. Nang matapos ang yugtong ito ng gawain, bagama't nakita ng mga tao na nagkamit na ng dakilang kaluwalhatian ang Diyos, hindi ito ang kabuuan ng Kanyang kaluwalhatian; isang bahagi lamang ito ng Kanyang kaluwalhatian, na nakamit na Niya mula kay Jesus. Bagama't nagawang tiisin ni Jesus ang bawat hirap, magpakumbaba at maging tago, maipako sa krus para sa Diyos, natamo lamang ng Diyos ang isang bahagi ng Kanyang kaluwalhatian, at natamo ang Kanyang kaluwalhatian sa Israel. May isa pa ring bahagi ng kaluwalhatian ang Diyos: ang maparito sa lupa para praktikal na gumawa at gawing perpekto ang isang grupo ng mga tao. Sa yugto ng gawain ni Jesus, gumawa Siya ng ilang kahima-himalang mga bagay, ngunit ang yugtong iyon ng gawain ay hindi lamang upang magsagawa ng mga tanda at kababalaghan. Ito una sa lahat ay para ipakita na kaya ni Jesus na magdusa, at maipako sa krus para sa Diyos, na nakayanang magdusa ni Jesus ng matinding sakit dahil minahal Niya ang Diyos at na, bagama't pinabayaan Siya ng Diyos, handa pa ring Siyang ialay ang Kanyang buhay para sa kalooban ng Diyos. Nang mabuo na ng Diyos ang Kanyang gawain sa Israel at ipako si Jesus sa krus, nagtamo ng kaluwalhatian ang Diyos, at nagpatotoo na Siya sa harap ni Satanas. Hindi ninyo alam ni nakita kung paano nagkatawang-tao ang Diyos sa China, kaya paano ninyo makikita na nagtamo ang Diyos ng kaluwalhatian? Kapag gumagawa ang Diyos ng maraming gawain ng paglupig sa inyo, at kayo ay naninindigan, tagumpay ang yugtong ito ng gawain ng Diyos, at bahagi ito ng kaluwalhatian ng Diyos. Ito lamang ang nakikita ninyo, at hindi pa kayo nagagawang perpekto ng Diyos, hindi pa ninyo naibibigay nang lubusan ang inyong puso sa Diyos. Hindi pa ninyo nakikita nang lubusan ang kaluwalhati ang ito; nakikita ninyo lamang na nalupig na ng Diyos ang inyong puso, na hindi ninyo Siya kailanman maiiwan, at susundan ninyo ang Diyos hanggang sa pinakahuli at hindi magbabago ang inyong puso, at na ito ang kaluwalhatian ng Diyos. Saan ninyo nakikita ang kaluwalhatian ng Diyos? Sa mga epekto ng Kanyang gawain sa mga tao. Nakikita ng mga tao na lubhang kaibig-ibig ang Diyos, nasa puso nila ang Diyos, at ayaw nilang iwan Siya, at ito ang kaluwalhatian ng Diyos. Kapag nagkaroon ng lakas ang mga kapatid ng mga iglesia, at kaya nilang mahalin ang Diyos nang taos-puso, makita ang sukdulang kapangyarihan ng gawaing ginawa ng Diyos, ang walang-kapantay na kapangyarihan ng Kanyang mga salita, kapag nakita nila na may awtoridad ang Kanyang mga salita at na kaya Niyang simulan ang Kanyang gawain sa bayan ng mainland China na walang katau-tao, kapag, bagama't mahina ang

mga tao, nagpapakumbaba ang kanilang puso sa harap ng Diyos at handa silang tanggapin ang mga salita ng Diyos, at kapag, bagama't sila ay mahina at hindi karapat-dapat, nagagawa nilang makita na lubhang kaibig-ibig ang mga salita ng Diyos, at lubhang karapat-dapat sa kanilang pagpapahalaga, ito ang kaluwalhatian ng Diyos. Kapag dumating ang araw na gagawing perpekto ng Diyos ang mga tao, at nagagawa nilang sumuko sa Kanyang harapan, at ganap na sumunod sa Diyos, at iwanan ang kanilang mga inaasam at kapalaran sa mga kamay ng Diyos, lubos nang natamo ang ikalawang bahagi ng kaluwalhatian ng Diyos. Ibig sabihin, kapag lubos na nabuo ang gawain ng praktikal na Diyos, magwawakas na ang Kanyang gawain sa mainland China. Sa madaling salita, kapag nagawa nang perpekto ang mga itinalaga at hinirang ng Diyos, nagtamo na ng kaluwalhatian ang Diyos. Sinabi ng Diyos na dinala na Niya ang ikalawang bahagi ng Kanyang kaluwalhatian sa Silangan, subalit hindi ito nakikita ng mata. Dinala na ng Diyos ang Kanyang gawain sa Silangan: dumating na Siya sa Silangan, at ito ang kaluwalhatian ng Diyos. Ngayon, bagama't kailangan pang tapusin ang Kanyang gawain, dahil nagpasya nang gumawa ang Diyos, tiyak na maisasagawa ito. Nagpasya na ang Diyos na tatapusin Niya ang gawaing ito sa China, at nagpasya na Siya na gawin kayong ganap. Dahil diyan, hindi ka Niya binibigyan ng malalabasan—nalupig na Niya ang inyong puso, at kailangang magpatuloy ka gustuhin mo man o hindi, at kapag naangkin kayo ng Diyos, nagtatamo ang Diyos ng kaluwalhatian. Ngayon, hindi pa ganap na natatamo ng Diyos ang kaluwalhatian, dahil hindi pa kayo nagagawang perpekto. Bagama't nagbalik-loob na ang inyong puso sa Diyos, marami pa ring kahinaan sa inyong laman, wala kayong kakayahang palugurin ang Diyos, hindi ninyo nagagawang isaisip ang kalooban ng Diyos, at marami pa rin kayong taglay na negatibong mga bagay na dapat ninyong alisin sa inyong sarili at kailangan pa rin kayong sumailalim sa maraming pagsubok at pagpipino. Sa gayong paraan lamang maaaring magbago ang mga disposisyon mo sa buhay at maaari kang maangkin ng Diyos.

Ang mga Nakakakilala Lamang sa Diyos ang Maaaring Magpatotoo sa Diyos

Ang maniwala sa Diyos at makilala ang Diyos ay itinalaga ng Langit at kinikilala ng mundo, at ngayon—sa isang kapanahunan kung kailan personal na ginagawa ng Diyos na nagkatawang-tao ang Kanyang gawain—ay isang napakagandang pagkakataon para makilala ang Diyos. Ang pagpapalugod sa Diyos ay isang bagay na nakakamit sa pamamagitan ng pagbubuo ng pundasyon ng pag-unawa sa kalooban ng Diyos, at upang maunawaan ang kalooban ng Diyos, kailangang magkaroon ng kaunting kaalaman tungkol sa Diyos. Ang kaalamang ito tungkol sa Diyos ang pangitain na kailangang taglayin ng isang naniniwala sa Diyos; ito ang batayan ng paniniwala ng tao sa Diyos. Kapag wala ang kaalamang ito, malabo ang pag-iral ng paniniwala ng tao sa Diyos, sa

gitna ng hungkag na teorya. Kahit matibay ang pagpapasiya ng mga taong tulad nito na sundin ang Diyos, wala silang mapapala. Ang mga walang napapala sa daloy na ito ang mga aalisin—silang lahat ay mga mapagsamantala. Alinmang hakbang ng gawain ng Diyos ang iyong maranasan, dapat kang samahan ng isang makapangyarihang pangitain. Kung hindi, mahihirapan kang tanggapin ang bawat hakbang ng bagong gawain, dahil hindi kayang isipin ng tao ang bagong gawain ng Diyos, at lampas ito sa mga hangganan ng kanyang pagkaintindi. Kaya, kung walang pastol na mag-aalaga sa tao, kung walang pastol na magbabahagi tungkol sa mga pangitain, walang kakayahan ang tao na tanggapin ang bagong gawaing ito. Kung hindi makatanggap ng mga pangitain ang tao, hindi niya matatanggap ang bagong gawain ng Diyos, at kung hindi masunod ng tao ang bagong gawain ng Diyos, hindi mauunawaan ng tao ang kalooban ng Diyos, kaya nga ang kanyang pagkakilala sa Diyos ay mawawalan ng halaga. Bago isakatuparan ng tao ang salita ng Diyos, kailangan niyang malaman ang salita ng Diyos; ibig sabihin, kailangan niyang maunawaan ang kalooban ng Diyos. Sa ganitong paraan lamang maisasakatuparan ang salita ng Diyos nang tumpak at alinsunod sa kalooban ng Diyos. Ito ay isang bagay na kailangang taglayin ng lahat ng naghahanap sa katotohanan, at ito rin ang prosesong kailangang pagdaanan ng lahat ng nagsisikap na makilala ang Diyos. Ang proseso ng pag-alam sa salita ng Diyos ay ang proseso ng pagkilala sa Diyos at pag-alam sa gawain ng Diyos. Kaya, ang pag-alam sa mga pangitain ay hindi lamang tumutukoy sa pagkilala sa pagkatao ng Diyos na nagkatawang-tao, kundi kabilang din ang pag-alam sa salita at gawain ng Diyos. Mula sa salita ng Diyos nauunawaan ng mga tao ang kalooban ng Diyos, at mula sa gawain ng Diyos nalalaman nila ang disposisyon ng Diyos at kung ano ang Diyos. Paniniwala sa Diyos ang unang hakbang sa pagkilala sa Diyos. Ang proseso ng pagsulong mula sa paunang paniniwalang ito sa Diyos tungo sa pinakamalalim na paniniwala sa Kanya ay ang proseso ng pagkilala sa Diyos, ang proseso ng pagdanas ng gawain ng Diyos. Kung naniniwala ka lamang sa Diyos para maniwala sa Diyos, at hindi para makilala Siya, walang realidad sa iyong pananampalataya, at hindi maaaring maging dalisay ang iyong pananampalataya—walang duda ito. Kung, sa proseso kung saan nararanasan ng tao ang gawain ng Diyos, unti-unti niyang nakikilala ang Diyos, unti-unting magbabago ang kanyang disposisyon, at lalong magiging totoo ang kanyang paniniwala. Sa ganitong paraan, kapag nagtatagumpay ang tao sa kanyang paniniwala sa Diyos, ganap na niyang nakamit ang Diyos. Kaya ginagawa ng Diyos ang lahat para maging tao sa ikalawang pagkakataon upang personal na gawin ang Kanyang gawain ay upang makilala at makita Siya ng tao. Pagkilala sa Diyos^a ang huling epektong makakamtan sa katapusan ng gawain ng Diyos; ito ang huling kinakailangan ng Diyos sa sangkatauhan. Ginagawa Niya ito alang-alang sa Kanyang huling patotoo; ginagawa Niya ang gawaing ito upang sa wakas ay ganap na bumaling ang tao sa Kanya. Mamahalin lamang ng tao ang Diyos sa pamamagitan ng pagkilala sa Diyos, at para

^a Ang nakasaad sa orihinal na teksto ay “Ang gawain ng pagkilala sa Diyos.”

mahalin ang Diyos kailangan niyang makilala ang Diyos. Paano man siya naghahangad, o ano man ang kanyang hangad na matamo, kailangan niyang magkaroon ng kaalaman tungkol sa Diyos. Sa paraang ito lamang mapapalugod ng tao ang puso ng Diyos. Sa pagkilala lamang sa Diyos magkakaroon ang tao ng tunay na pananampalataya sa Diyos, at sa pagkilala lamang sa Diyos siya tunay na maaaring magpitagan at sumunod sa Diyos. Ang mga hindi nakakakilala sa Diyos ay hindi kailanman tunay na makakasunod at magpipitagan sa Diyos. Ang pagkilala sa Diyos ay kinabibilangan ng pag-alam sa Kanyang disposisyon, pag-unawa sa Kanyang kalooban, at pag-alam kung ano Siya. Subalit alinmang aspeto ang mapag-alaman ng isang tao, kinakailangan sa bawat isa na magsakripisyo at maging handang sumunod ang tao, kung hindi ay walang sinumang patuloy na makakasunod hanggang wakas. Ang gawain ng Diyos ay lubhang hindi kaayon ng mga kuru-kuro ng tao. Ang disposisyon ng Diyos at kung ano ang Diyos ay napakahirap malaman ng tao, at lahat ng sinasabi at ginagawa ng Diyos ay lubhang hindi maunawaan ng tao: Kung nais ng tao na sumunod sa Diyos subalit ayaw niyang sumunod sa Diyos, walang mapapala ang tao. Mula nang likhain ang mundo hanggang ngayon, marami nang nagawang gawain ang Diyos na hindi kayang unawain ng tao at nahihirapan silang tanggapin ito, at marami nang nasabi ang Diyos na nagpapahirap sa tao na maalís ang kanilang mga kuru-kuro. Ngunit hindi Niya itinigil kailanman ang Kanyang gawain nang dahil sa napakaraming paghihirap ng tao; sa halip, patuloy Siyang gumawa at nagsalita, at kahit maraming “mandirigma” ang nahulog sa tabing-daan, ginagawa pa rin Niya ang Kanyang gawain, at nagpapatuloy nang walang pahinga sa pagpili ng sunud-sunod na grupo ng mga tao na handang magpasakop sa Kanyang bagong gawain. Wala Siyang awa para doon sa nahulog na “mga bayani,” at sa halip ay pinahahalagahan Niya ang mga tumatanggap sa Kanyang bagong gawain at mga salita. Ngunit ano ang layunin ng Kanyang paggawa sa ganitong paraan, na paisa-isang hakbang? Bakit palagi Niyang inaalis ang ilang tao at hinihirang ang iba? Bakit palagi Niyang ginagamit ang gayong pamamaraan? Ang layunin ng Kanyang gawain ay upang tulutan ang tao na makilala Siya, at nang sa gayon ay makamit Niya sila. Ang prinsipyo ng Kanyang gawain ay upang gumawa sa mga yaon na nakakayang magpasakop sa gawaing Kanyang ginagawa ngayon, at hindi upang gumawa sa mga nagpapasakop sa gawaing Kanyang nagawa noong araw habang kinontra ang gawaing Kanyang ginagawa ngayon. Ito ang dahilan kaya Niya inaalis ang napakaraming tao.

Hindi makamit ang mga epekto ng aral ng pagkilala sa Diyos sa loob ng isa o dalawang araw: Kailangang mag-ipon ng mga karanasan, magdaan sa pagdurusa, at tunay na makapagpasakop ang tao. Una sa lahat, magsimula sa gawain at mga salita ng Diyos. Kailangan mong maunawaan kung ano ang kabilang sa kaalaman tungkol sa Diyos, paano makamit ang kaalamang ito, at paano makita ang Diyos sa iyong mga karanasan. Ito ang kailangang gawin ng lahat kapag kailangan pa nilang kilalanin ang Diyos. Walang sinumang maaaring makaunawa sa gawain at mga salita ng Diyos sa isang bagsakan, at walang sinumang maaaring magkamit ng kaalaman tungkol sa kabuuan

ng Diyos sa loob ng maikling panahon. May kinakailangang proseso ng karanasan, na kung wala ay walang sinumang magagawang kilalanin ang Diyos o tapat Siyang sundin. Kapag mas maraming gawaing ginagawa ang Diyos, mas nakikilala Siya ng tao. Kapag mas salungat ang gawain ng Diyos sa mga kuru-kuro ng tao, mas napapanibago at lumalalim ang kaalaman ng tao tungkol sa Kanya. Kung mananatiling pirmihan at hindi nagbabago ang gawain ng Diyos, walang gaanong malalaman ang tao tungkol sa Kanya. Sa pagitan ng panahon ng paglikha at ng kasalukuyan, ang ginawa ng Diyos noong Kapanahunan ng Kautusan, ang Kanyang ginawa noong Kapanahunan ng Biyaya, at ang Kanyang ginagawa sa Kapanahunan ng Kaharian—kailangan ninyong malinawan nang husto ang mga pangitaing ito. Kailangan ninyong malaman ang gawain ng Diyos. Matapos sundan ni Pedro si Jesus, saka lamang niya unti-unting nalaman ang marami tungkol sa gawaing ginawa ng Espiritu kay Jesus. Sabi niya, “Hindi sapat ang umasa sa mga karanasan ng tao upang magkamit ng ganap na kaalaman; kailangan ay maraming bagong bagay mula sa gawain ng Diyos para matulungan tayong makilala Siya.” Sa simula, naniwala si Pedro na si Jesus ay isinugo ng Diyos, tulad ng isang apostol, at hindi niya inisip na si Jesus ang Cristo. Sa oras na ito, nang magsimula siyang sumunod kay Jesus, tinanong siya ni Jesus, “Simon Bar-Jonas, susunod ka ba sa Akin?” Sabi ni Pedro, “Kailangan kong sundan yaong isinugo ng Ama sa langit. Kailangan kong kilalanin siya na hinirang ng Banal na Espiritu. Susunod ako sa Iyo.” Mula sa kanyang mga salita, makikita na talagang walang alam si Pedro tungkol kay Jesus; naranasan na niya ang mga salita ng Diyos, napakitunguhan ang kanyang sarili, at nagdusa ng paghihirap para sa Diyos, ngunit wala siyang alam tungkol sa gawain ng Diyos. Matapos ang isang panahon ng karanasan, nakita ni Pedro kay Jesus ang marami sa mga gawa ng Diyos, nakita niya ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos, at nakita niya ang malaking bahagi ng kabuuan ng Diyos kay Jesus. Nakita rin niya na ang mga salitang sinambit ni Jesus ay hindi maaaring masambit ng tao, at na ang gawaing ginawa ni Jesus ay hindi maaaring magawa ng tao. Bukod pa ryan, sa mga salita at kilos ni Jesus, nakita ni Pedro ang marami sa karunungan ng Diyos, at maraming gawaing likas na banal. Sa kanyang mga karanasan, hindi lamang niya nakilala ang kanyang sarili, kundi minasdan din nang husto ang bawat kilos ni Jesus, kung saan maraming bagong bagay siyang natuklasan, at ang mga ito ay, na maraming pagpapahayag ng praktikal na Diyos sa gawaing ginawa ng Diyos sa pamamagitan ni Jesus, at na naiiba si Jesus sa isang karaniwang tao sa mga salitang sinambit at sa mga ikinilos Niya, gayundin sa paraan kung saan inakay Niya ang mga iglesia at ang gawaing Kanyang isinakatuparan. Kaya, natuto si Pedro ng maraming aral kay Jesus na dapat niyang matutuhan, at nang ipapako na si Jesus sa krus, nagtamo siya ng kaunting kaalaman tungkol kay Jesus—kaalamang naging batayan ng kanyang habambuhay na katapatan kay Jesus at ng kanyang pagkapako nang patiwariik na pinagdusahan niya alang-alang sa Panginoon. Bagama’t mayroon siyang ilang kuru-kuro at walang malinaw na kaalaman tungkol kay Jesus sa simula, hindi maiiwasan na ang gayong mga bagay ay isang bahagi ng tiwaling tao. Nang

malapit nang umalis si Jesus, sinabi Niya kay Pedro na ang pagpapako sa Kanya sa krus ang gawaing Kanyang gagawin kaya Siya pumarito: Kinakailangan Siyang talikdan sa kapanahunang iyon, at na ang marumi at lumang kapanahunang ito ay dapat Siyang ipako sa krus; naparito Siya upang tapusin ang gawain ng pagtubos, at, kapag nakumpleto Niya ang gawaing ito, magwawakas na ang Kanyang ministryo. Nang marinig ito, nalungkot si Pedro, at mas napalapit kay Jesus. Nang ipako si Jesus sa krus, lihim na nanangis nang buong kapaitan si Pedro. Bago ito, naitanong niya kay Jesus, “Panginoon ko! Sabi Mo, ipapako Ka sa krus. Kapag nawala Ka na, kailan Ka namin muling makikita?” Wala bang kahalong masama sa mga salitang kanyang sinambit? Wala bang kahalong mga kuru-kuro sa mga ito? Sa kanyang puso, nabatid niya na naparito si Jesus upang tapusin ang isang bahagi ng gawain ng Diyos, at na matapos umalis si Jesus, makakasama niya ang Espiritu; bagama’t ipapako Siya sa krus at aakyat sa langit, sasamahan siya ng Espiritu ng Diyos. Sa panahong iyon, mayroon nang kaunting kaalaman si Pedro tungkol kay Jesus: Alam niyang isinugo si Jesus ng Espiritu ng Diyos, na ang Espiritu ng Diyos ay suma-Kanya, at na si Jesus ang Diyos Mismo, na Siya si Cristo. Subalit dahil sa kanyang pagmamahal kay Jesus, at dahil sa kanyang kahinaan bilang tao, sinambit ni Pedro ang mga salitang iyon. Kung kaya ng isang tao, sa bawat hakbang ng gawain ng Diyos, na magmasid at mahirapan sa pagdanas, unti-unti niyang matutuklasan ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos. At ano ang itinuring ni Pablo na kanyang pangitain? Nang magpakita sa kanya si Jesus, sinabi ni Pablo, “Sino Ka бага, Panginoon?” Sabi ni Jesus, “Ako’y si Jesus na iyong pinaguusig.” Ito ang pangitain ni Pablo. Ang itinuring ni Pedro na kanyang pangitain ay ang pagkabuhay na mag-uli ni Jesus, ang Kanyang pagpapakita sa loob ng 40 araw, at ang mga turo ni Jesus sa panahon ng Kanyang buhay, hanggang sa katapusan ng kanyang paglalakbay.

Nararanasan ng tao ang gawain ng Diyos, nakikilala ang kanyang sarili, inaalís ang kanyang tiwaling disposisyon, at hinahangad na lumago sa buhay, lahat alang-alang sa pagkilala sa Diyos. Kung hinahangad mo lamang na makilala ang iyong sarili at harapin ang iyong sariling tiwaling disposisyon, ngunit wala kang kaalaman tungkol sa gawaing ginagawa ng Diyos sa tao, kung gaano kadakila ang Kanyang pagliligtas, o kung paano mo nararanasan ang gawain ng Diyos at nasasaksihan ang Kanyang mga gawa, kalokohan ang karanasan mong ito. Kung sa palagay mo ay lumago na ang buhay ng isang tao dahil lamang sa nakakaya niyang isagawa ang katotohanan at magtiis, ibig sabihin ay hindi mo pa rin nauunawaan ang tunay na kahulugan ng buhay o ang layunin ng Diyos sa pagpeperpekto sa tao. Balang araw, kapag ikaw ay nasa mga relihiyosong iglesia, kasama ng mga kasapi ng Iglesia ng Pagsisisi o ng Iglesia ng Buhay, marami kang matatagpuang relihiyosong mga tao, na ang mga panalangin ay naglalaman ng “mga pangitain” at naaantig, sa patuloy na pagsisikap nila sa buhay, at ginagabayan ng mga salita. Bukod pa rito, nagagawa nilang magtiis at talikuran ang kanilang sarili sa maraming bagay, at hindi patatangay sa laman. Sa oras na iyon, hindi mo masasabi ang

pagkakaiba: Maniniwala ka na lahat ng kanilang ginagawa ay tama, na iyon ang likas na pagpapahayag ng buhay, at na kahabag-habag na ang pangalang kanilang pinaniniwalaan ay mali. Hindi ba kahangalan ang gayong mga pananaw? Bakit sinasabi na maraming tao ang walang buhay? Dahil hindi nila kilala ang Diyos, at sa gayon ay sinasabi na wala silang Diyos sa kanilang puso, at walang buhay. Kung umabot na ang iyong paniniwala sa Diyos sa punto kung saan kaya mong lubusang malaman ang mga gawa ng Diyos, ang realidad ng Diyos, at ang bawat yugto ng gawain ng Diyos, taglay mo ang katotohanan. Kung hindi mo alam ang gawain at disposisyon ng Diyos, may kulang pa rin sa iyong karanasan. Kung paano isinagawa ni Jesus ang yugtong iyon ng Kanyang gawain, paano isinasagawa ang yugtong ito, paano ginawa ng Diyos ang Kanyang gawain sa Kapanahunan ng Biyaya at anong gawain ang ginawa, anong gawain ang ginagawa sa yugtong ito—kung wala kang lubos na kaalaman tungkol sa mga bagay na ito, hindi ka kailanman makatitiyak at palagi kang hindi mapapanatag. Kung, pagkaraan ng isang panahon ng karanasan, nagagawa mong malaman ang gawaing ginawa ng Diyos at ang bawat hakbang ng Kanyang gawain, at kung nagtamo ka na ng lubos na kaalaman tungkol sa mga layunin ng Diyos sa pagsambit ng Kanyang mga salita, at kung bakit napakarami Niyang nasambit na salita na hindi pa natutupad, maaari mong matapang at patuloy na sundan ang daan, malaya sa pag-aalala at pagpipino. Dapat ninyong makita kung paano nagtatagumpay ang Diyos sa napakarami sa Kanyang gawain. Ginagamit Niya ang mga salitang Kanyang sinasambit, pinipino ang tao at binabago ang kanyang mga kuru-kuro gamit ang maraming iba't ibang klaseng salita. Lahat ng pagdurusang inyong natiis, lahat ng pagpipinong inyong napagdaanan, ang pakikitungong tinanggap na ninyo sa inyong kalooban, ang kaliwanagang inyong naranasan—nakamit na ang lahat ng ito gamit ang mga salitang nasambit ng Diyos. Bakit ba sumusunod ang tao sa Diyos? Sumusunod siya dahil sa mga salita ng Diyos! Masyadong mahiwaga ang mga salita ng Diyos, at bukod pa ryan ay maaari nitong antigin ang puso ng tao, ibunyag ang mga bagay na nakatago sa kaibuturan nito, ipabatid sa kanya ang mga bagay na nangyari noong araw, at tulutan siyang makita ang hinaharap. Kaya nagtitiis ng pagdurusang tao dahil sa mga salita ng Diyos, at ginagawa ring perpekto dahil sa mga salita ng Diyos: Saka lamang sumusunod ang tao sa Diyos. Ang dapat gawin ng tao sa yugtong ito ay tanggapin ang mga salita ng Diyos, at ginagawa man siyang perpekto o isinasailalim sa pagpipino, ang mga salita ng Diyos ang mahalaga. Ito ang gawain ng Diyos, at ito rin ang pangitaing dapat malaman ng tao ngayon.

Paano ginagawang perpekto ng Diyos ang tao? Ano ang disposisyon ng Diyos? At ano ang napapaloob sa Kanyang disposisyon? Para linawin ang lahat ng bagay na ito: tinatawag ito ng isa na pagpapalaganap ng pangalan ng Diyos, tinatawag ito ng isa na pagpapatotoo sa Diyos, at tinatawag ito ng isa na pagpuri sa Diyos. Ang tao, batay sa pundasyon ng pagkilala sa Diyos, sa huli ay nagbabago sa kanyang disposisyon sa buhay. Kapag mas nagdaraan sa pakikitungo at pagpipino ang tao, mas sumisigla siya; kapag mas marami ang mga hakbang ng gawain ng Diyos, mas nagagawang perpekto

ang tao. Ngayon, sa karanasan ng tao, bawat hakbang ng gawain ng Diyos ay ganti sa kanyang mga kuru-kuro, at lahat ay lampas sa pag-iisip ng tao at hindi niya inaasahan. Inilalaan ng Diyos ang lahat ng pangangailangan ng tao, at sa bawat aspeto ay hindi ito umaayon sa kanyang mga kuru-kuro. Binibigkas ng Diyos ang Kanyang mga salita sa oras ng iyong kahinaan; sa ganitong paraan lamang Niya matutustusan ang iyong buhay. Sa pagganti sa iyong mga kuru-kuro, pinatatanggap Niya sa iyo ang pakikitungo ng Diyos; sa ganitong paraan mo lamang maaalis sa iyong sarili ang iyong katiwalian. Ngayon, gumagawa ang Diyos na nagkatawang-tao sa katayuan ng pagka-Diyos sa isang aspeto, ngunit sa isa pang aspeto ay gumagawa Siya sa katayuan ng normal na pagkatao. Kapag hindi mo na tinatanggi ang anumang gawain ng Diyos, kapag nagagawa mong magpasakop anuman ang sinasabi o ginagawa ng Diyos sa katayuan ng normal na pagkatao, kapag nagagawa mong magpasakop at umunawa anumang klase ng normalidad ang Kanyang ipinapakita, at kapag nagtamo ka na ng aktwal na karanasan, saka ka lamang makatitiyak na Siya ang Diyos, saka ka lamang titigil sa pagbubuo ng mga kuru-kuro, at saka ka lamang makakasunod sa Kanya hanggang wakas. May karunungan sa gawain ng Diyos, at alam Niya kung paano maaaring manindigan ang tao sa pagpapatotoo sa Kanya. Alam Niya kung nasaan ang malaking kahinaan ng tao, at ang mga salitang Kanyang sinasambit ay maaari kang patamaan sa iyong malaking kahinaan, ngunit ginagamit din Niya ang Kanyang marilag at matalinong mga salita upang ikaw ay manindigan sa pagpapatotoo sa Kanya. Ganyan ang mahimalang mga gawa ng Diyos. Ang gawaing ginagawa ng Diyos ay hindi maiisip ng katalinuhan ng tao. Kung anong klaseng katiwalian ang taglay ng tao, na may laman, at ano ang bumubuo sa diwa ng tao—lahat ng ito ay inihahayag sa pamamagitan ng paghatol ng Diyos, na iniwan ang tao na walang mapagtaguan dahil sa kanyang kahihyan.

Ginagawa ng Diyos ang gawain ng paghatol at pagkastigo upang magtamo ang tao ng kaalaman tungkol sa Kanya, at alang-alang sa Kanyang patotoo. Kung hindi sa Kanyang paghatol sa tiwaling disposisyon ng tao, hindi posibleng malaman ng tao ang Kanyang matuwid na disposisyon, na hindi nagpapalampas ng pagkakasala, at ni hindi niya mapapalitan ng bago ang dati niyang pagkakilala sa Diyos. Alang-alang sa Kanyang patotoo, at alang-alang sa Kanyang pamamahala, ipinapakita Niya ang Kanyang kabuuan sa publiko, na nagbibigay-daan sa tao, sa pamamagitan ng Kanyang pagpapakita sa publiko, na magkaroon ng kaalaman tungkol sa Diyos, baguhin ang kanyang disposisyon, at magbigay ng matunog na patotoo sa Diyos. Ang pagbabago ng disposisyon ng tao ay nakakamit sa pamamagitan ng maraming iba't ibang uri ng gawain ng Diyos; kung wala ang gayong mga pagbabago sa kanyang disposisyon, hindi magagawa ng tao na magpatotoo sa Diyos at maging kaayon ng puso ng Diyos. Ang pagbabago ng disposisyon ng tao ay tanda na napalaya na ng tao ang kanyang sarili mula sa pagkaalipin kay Satanas at mula sa impluwensya ng kadiliman, at tunay nang naging isang huwaran at halimbawa ng gawain ng Diyos, isang saksi ng Diyos, at isang taong kaayon ng puso ng Diyos. Ngayon, naparito ang Diyos na nagkatawang-tao upang gawin ang Kanyang

gawain sa lupa, at hinihiling Niya sa tao na magkamit ng kaalaman tungkol sa Kanya, pagsunod sa Kanya, patotoo sa Kanya, malaman ang Kanyang praktikal at normal na gawain, sundin ang lahat ng Kanyang salita at gawain na hindi naaayon sa mga kurukuro ng tao, at magpatotoo sa lahat ng gawaing Kanyang ginagawa upang iligtas ang tao, pati na ang lahat ng gawang isinasakatuparan Niya upang lupigin ang tao. Yaong mga nagpapatotoo sa Diyos ay kailangang magkaroon ng kaalaman tungkol sa Diyos; ang ganitong uri lamang ng patotoo ang tumpak at totoo, at ang ganitong uri lamang ng patotoo ang maaaring magbigay-kahihiyan kay Satanas. Ginagamit ng Diyos ang mga taong nakakilala na sa Kanya sa pamamagitan ng pagdaan sa Kanyang paghatol at pagkastigo, pakikitungo at pagtatabas, upang magpatotoo sa Kanya. Ginagamit Niya yaong mga nagawang tiwali ni Satanas upang magpatotoo sa Kanya, at ginagamit din Niya yaong ang mga disposisyon ay nagbago na, at sa gayon ay nagkamit na ng Kanyang mga pagpapala, upang magpatotoo sa Kanya. Hindi Niya kailangang purihin Siya ng tao sa salita lamang, ni hindi rin Niya kailangan ang papuri at patotoo ng kauri ni Satanas, na hindi Niya nailigtas. Yaon lamang mga nakakakilala sa Diyos ang karapat-dapat na magpatotoo sa Kanya, at yaon lamang mga nabago na ang kanilang disposisyon ang karapat-dapat na magpatotoo sa Kanya. Hindi papayagan ng Diyos ang tao na sadyang magdala ng kahihiyan sa Kanyang pangalan.

Paano Nakilala ni Pedro si Jesus

Sa panahong ginugol ni Pedro sa piling ni Jesus, marami siyang nakitang kaibig-ibig na katangian ni Jesus, maraming aspetong karapat-dapat na tularan, at maraming aspetong tumustos sa kanya. Bagama't nakita ni Pedro ang katauhan ng Diyos kay Jesus sa maraming paraan, at ang maraming kaibig-ibig na katangian, hindi niya kilala si Jesus sa simula. Sinimulang sundan ni Pedro si Jesus noong siya ay 20 taong gulang, at patuloy siyang sumunod sa Kanya sa loob ng anim na taon. Sa panahong iyon, hindi niya nakilala si Jesus kailanman; naging handa si Pedro na sundan si Jesus dahil lamang sa paghanga sa Kanya. Nang una siyang tawagin ni Jesus sa baybayin ng Dagat ng Galilea, itinanong Niya: "Simon Bar-Jonas, susundan mo ba Ako?" Sabi ni Pedro: "Kailangan kong sundan siya na isinugo ng Ama sa langit. Kailangan kong kilalanin siya na pinili ng Banal na Espiritu. Susundan Kita." Sa panahong ito, nabalitaan na ni Pedro ang isang lalaking nagngangalang Jesus—ang pinakadakila sa mga propeta at pinakamamahal na Anak ng Diyos—at noon pa man ay palagian nang inasam ni Pedro na matagpuan Siya at inasahang magkaroon ng pagkakataong makita Siya (dahil iyan ang paraan ng paggabay sa kanya noon ng Banal na Espiritu). Bagama't hindi pa Siya nakita ni Pedro kailanman at narinig lamang niya ang mga bali-balita tungkol sa Kanya, unti-unting lumago ang pananabik at paghanga kay Jesus sa kanyang puso, at madalas niyang pinanabikan na balang araw ay makita niya si Jesus. At paano tinawag ni Jesus si

Pedro? Narinig na rin Niya ang tungkol sa isang lalaking tinatawag na Pedro, subalit hindi ang Banal na Espiritu ang nag-utos sa Kanya na: “Pumunta Ka sa Dagat ng Galilea, kung saan may isang tinatawag na Simon Bar-Jonas.” Narinig ni Jesus na sinabi ng isang tao na may isang taong tinatawag na Simon Bar-Jonas, at na narinig na ng mga tao ang kanyang sermon, na ipinangaral niya rin ang ebanghelyo ng kaharian ng langit, at na napaluha ang mga taong nakarinig sa kanya. Nang marinig ito, sinundan ni Jesus ang taong iyon sa Dagat ng Galilea; nang tanggapin ni Pedro ang tawag ni Jesus, sinundan niya Siya.

Noong panahong sinusundan niya si Jesus, nagbuo ng maraming opinyon si Pedro tungkol sa Kanya at palagi Siyang hinusgahan mula sa sarili niyang pananaw. Bagama’t may kaunting pagkaunawa tungkol sa Espiritu, medyo malabo ang kanyang pagkaunawa, kaya sinabi niya: “Kailangan kong sundan siya na isinugo ng Ama sa langit. Kailangan kong kilalanin siya na pinili ng Banal na Espiritu.” Hindi niya naunawaan ang mga bagay na ginawa ni Jesus at hindi niya naliwanagan ang mga iyon. Matapos Siyang sundan nang ilang panahon, lumago ang interes ni Pedro sa Kanyang ginawa at sinabi, at kay Jesus Mismo. Nadama niya na naghikayat si Jesus kapwa ng pagmamahal at paggalang; ginusto niyang makasama Siya at manatili sa Kanyang tabi, at ang pakikinig sa mga salita ni Jesus ay nagbigay sa kanya ng panustos at tulong. Sa panahong sinundan niya si Jesus, minasdan at isinapuso ni Pedro ang lahat tungkol sa Kanyang buhay: Kanyang mga kilos, salita, galaw, at pagpapahayag. Nagtamo siya ng malalim na pagkaunawa na si Jesus ay hindi katulad ng ordinaryong mga tao. Bagama’t ang Kanyang hitsura ay lubhang normal, puno Siya ng pagmamahal, habag, at pagpaparaya sa tao. Lahat ng Kanyang ginawa o sinabi ay malaking tulong sa iba, at nakita at natamo ni Pedro ang mga bagay na hindi pa niya nakita o nakamtan kailanman mula kay Jesus. Nakita niya na bagama’t walang mataas na tayog ni ng pambihirang pagkatao si Jesus, mayroon Siyang ere na talagang pambihira at di-pangkaraniwan. Bagama’t hindi ito lubos na maipaliwanag ni Pedro, nakita niya na iba ang kilos ni Jesus sa lahat ng iba pa, sapagkat ang mga bagay na Kanyang ginawa ay ibang-iba sa normal na mga tao. Mula sa panahon ng kanyang pakikipag-ugnayan kay Jesus, nakita rin ni Pedro na ang Kanyang pagkatao ay iba sa isang ordinaryong tao. Palagi Siyang matatag at hindi nagmamadali kailanman kung kumilos, hindi labis ni kulang sa isang paksa kailanman, at namuhay Siya sa isang paraang naghayag ng isang katangian na kapwa normal at kahanga-hanga. Sa pakikipag-usap, simple at kaaya-ayang magsalita si Jesus, na palaging nakikipag-ugnayan sa masaya subalit mahinahong paraan—subalit hindi nawala kailanman ang Kanyang dignidad samantalang isinasagawa ang Kanyang gawain. Nakita ni Pedro na kung minsan ay walang imik si Jesus, samantalang sa ibang mga pagkakataon naman ay wala Siyang tigil sa pagsasalita. Kung minsan ay napakasaya Niya kaya mukha Siyang isang paluksu-lukso at tuwang-tuwang kalapati, at sa ibang mga pagkakataon naman ay napakalungkot Niya kaya hindi man lamang Siya talaga nagsasalita, na mukhang puno ng dalamhati na parang pagod na pagod na ina. Kung

minsan galit na galit Siya na parang isang matapang na sundalo na lumulusob para patayin ang isang kaaway o, sa ilang pagkakataon, mukha pa nga siyang isang umuungol na leon. Kung minsan tumatawa Siya; kung minsan naman nagdarasal Siya at umiiyak. Paano man kumilos si Jesus, lumago ang walang-hanggang pagmamahal at paggalang ni Pedro para sa Kanya. Ang pagtawa ni Jesus ay pinuspos siya ng kaligayahan, ang Kanyang kalungkutan ay isinadlak siya sa pighati, ang Kanyang galit ay tumakot sa kanya, samantalang ang Kanyang habag, pagpapatawad, at mahihigpit na kahilingan Niya sa mga tao ay naging dahilan para tunay niyang mahalin si Jesus at magkaroon ng tunay na pagpipitagan at pananabik sa Kanya. Siyempre pa, unti-unti lamang natanto ni Pedro ang lahat ng ito nang namuhay siyang kasama ni Jesus sa loob ng ilang taon.

Si Pedro ay isang partikular na matinong tao, isinilang na may likas na talino, subalit gumawa siya ng maraming kalokohan habang sumusunod kay Jesus. Sa simula pa lamang, may ilang kuru-kuro siya tungkol kay Jesus. Itinanong niya: “Sabi ng mga tao, isa Kang propeta, kaya noong walong taong gulang Ka at nagsimula kang makaunawa sa mga bagay-bagay, alam Mo ba na Ikaw ang Diyos? Alam Mo ba na ipinaglihi Ka ng Banal na Espiritu?” Tumugon si Jesus: “Hindi, hindi Ko alam. Hindi ba Ako mukhang normal na tao sa iyo? Kapareho Ako ng sinupamang iba. Ang taong isinusugo ng Ama ay isang normal na tao, hindi isang pambihirang tao. At, bagama’t ang gawaing ginagawa Ko ay kumakatawan sa Aking Ama sa langit, ang Aking larawan, ang Aking persona, at ang katawang-taong ito ay hindi maaaring lubos na kumatawan sa Aking Ama sa langit—isang bahagi lamang Niya. Bagama’t nanggaling Ako sa Espiritu, isa pa rin Akong karaniwang tao, at isinugo Ako ng Aking Ama sa mundong ito bilang isang normal na tao, hindi isang pambihirang tao.” Nang marinig na ito ni Pedro, saka lamang siya nagkaroon ng bahagyang pagkaunawa tungkol kay Jesus. At matapos magdaan sa napakaraming oras ng gawain ni Jesus, Kanyang pagtuturo, Kanyang paggabay, at Kanyang pag-alalay, saka lamang siya nagtamo ng mas malalim na pagkaunawa. Sa Kanyang ika-30 taon, sinabi ni Jesus kay Pedro na malapit na Siyang ipako sa krus at na naparito Siya upang gawin ang isang yugto ng gawain—ang gawaing ipako sa krus—upang tubusin ang buong sangkatauhan. Sinabi rin ni Jesus kay Pedro na tatlong araw pagkaraang ipako Siya sa krus, ang Anak ng tao ay muling babangon, at na matapos bumangon, Siya ay magpapakita sa mga tao sa loob ng 40 araw. Pagkarinig sa mga salitang ito, nalungkot si Pedro at sineryoso ang mga salitang ito; mula noon, lalo pa siyang napalapit kay Jesus. Matapos makaranas nang ilang panahon, natanto ni Pedro na lahat ng ginawa ni Jesus ay yaong sa katauhan ng Diyos, at naisip niya na lubhang kaibig-ibig si Jesus. Nang magkaroon siya ng ganitong pagkaunawa, saka lamang siya niliwanagan ng Banal na Espiritu sa kanyang kalooban. Noon bumaling si Jesus sa Kanyang mga disipulo at iba pang mga alagad at nagtanong: “Juan, sino Ako para sa iyo?” Tumugon si Juan: “Ikaw si Moises.” Pagkatapos ay bumaling Siya kay Lucas: “At ikaw, Lucas, sino Ako para sa iyo?” Tumugon si Lucas: “Ikaw ang pinakadakila sa mga

propeta.” Pagkatapos ay tinanong Niya ang isang miyembrong babae, at tumugon ito: “Ikaw ang pinakadakila sa mga propeta na nangungusap ng maraming salita mula sa kawalang-hanggan hanggang sa kawalang-hanggan. Walang kaninumang propesiya ang kasindakila ng sa Iyo, ni walang kaninumang kaalaman ang hihigit sa Iyo; Ikaw ay isang propeta.” Pagkatapos ay bumaling si Jesus kay Pedro at nagtanong: “Pedro, sino Ako para sa iyo?” Tumugon si Pedro: “Ikaw ang Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos. Ikaw ay mula sa langit. Hindi Ka nagmula sa lupa. Hindi Ka katulad ng mga nilalang ng Diyos. Kami ay nasa lupa at kasama Ka namin dito, ngunit Ikaw ay mula sa langit, hindi Ka nagmula sa mundo, at hindi Ka nagmula sa lupa.” Sa pamamagitan ng karanasan niyang ito siya niliwanagan ng Banal na Espiritu, na nagbigay-kakayahan sa kanya na matamo ang pagkaunawang ito. Pagkatapos ng kaliwanagang ito, lalo pa niyang hinangaan ang lahat ng nagawa ni Jesus, inisip na lalo pa Siyang kaibig-ibig, at laging nag-aatubili ang kanyang puso na mapahiwalay kay Jesus. Kaya, sa unang pagkakataong inihayag ni Jesus ang Kanyang Sarili kay Pedro matapos Siyang ipako sa krus at mabuhay na mag-uli, umiyak si Pedro nang may pambihirang kaligayahan: “Panginoon! Nagbangon Ka!” Pagkatapos, nananangis, nahuli ni Pedro ang isang napakalaking isda, niluto ito at inihain ito kay Jesus. Ngumiti si Jesus, ngunit hindi nagsalita. Bagama’t alam ni Pedro na nabuhay na mag-uli si Jesus, hindi niya naunawaan ang kahiwagaan nito. Nang ibigay niya kay Jesus ang isda para kainin, hindi ito tinanggihan ni Jesus ngunit hindi Siya nagsalita o umupo para kumain. Sa halip, bigla Siyang nawala. Labis itong ikinagulat ni Pedro, at noon lamang niya naunawaan na ang nabuhay na mag-uling Jesus ay iba sa dating Jesus. Nang matanto niya ito, nagdalamhati si Pedro, ngunit naaliw rin siya sa pagkaalam na natapos na ng Panginoon ang Kanyang gawain. Nabatid niya na natapos na ni Jesus ang Kanyang gawain, na tapos na ang panahon na makasama Niya ang tao, at na kakailanganin ng tao na tahakin ang sarili niyang landas mula noon. Minsa’y nasabi sa kanya ni Jesus: “Kailangang uminom ka rin mula sa mapait na saro na Aking nainuman (ito ang Kanyang sinabi matapos mabuhay na mag-uli). Kailangan mo ring tahakin ang landas na Aking tinahak. Kailangan mo ring ialay ang buhay mo para sa Akin.” Hindi katulad ngayon, ang gawain noong panahong iyon ay hindi sa anyo ng harapang pag-uusap. Sa panahon ng Kapanahunan ng Biyaya, ang gawain ng Banal na Espiritu ay tagung-tago, at dumanas ng maraming hirap si Pedro. Kung minsan, napabulalas na si Pedro ng: “Diyos ko! Walang-wala ako maliban sa buhay na ito. Bagama’t hindi ito gaanong mahalaga sa Iyo, nais kong ilaan ito sa Iyo. Bagama’t hindi karapat-dapat ang mga tao na mahalin Ka, at ang kanilang pagmamahal at puso ay walang halaga, naniniwala ako na alam Mo ang hangarin ng puso ng mga tao. At kahit hindi katanggap-tanggap sa Iyo ang katawan ng mga tao, nais kong tanggapin Mo ang puso ko.” Ang pagbigkas ng ganitong mga panalangin ay nagbigay sa kanya ng lakas ng loob, lalo na nang ipagdasal niyang: “Handa akong ilaan ang puso ko nang buong-buo sa Diyos. Kahit na wala akong magawang anuman para sa Diyos, handa akong tapat na palugurin ang Diyos at iukol ang sarili ko nang buong-puso sa Kanya.

Naniniwala ako na kailangang tingnan ng Diyos ang puso ko.” Sabi niya: “Wala akong hinihiling sa buhay ko kundi na ang mga iniisip kong mahalin ang Diyos at tanggapin ng Diyos ang hangarin ng puso ko. Napakatagal kong kapiling ang Panginoong Jesus, subalit hindi ko Siya minahal kailanman; iyon ang pinakamalaki kong pagkakautang. Kahit nanatili ako sa piling Niya, hindi ko Siya kilala, at nagsalita pa ako ng ilang bagay na hindi angkop sa Kanyang likuran. Ang pag-iisip sa mga bagay na ito ay nagpapadama sa akin na mas malaki ang pagkakautang ko sa Panginoong Jesus.” Palagi siyang nanalangin sa ganitong paraan. Sabi niya: “Mas hamak pa ako sa alikabok. Wala akong magagawa kundi ilaan ang tapat na pusong ito sa Diyos.”

May rurok sa mga karanasan ni Pedro, noong halos lupaypay na ang kanyang buong katawan, ngunit pinalakas pa rin ni Jesus ang kanyang loob. At minsan, nagpakita si Jesus kay Pedro. Noong matindi ang pagdurusa ni Pedro at nadama niyang wasak ang kanyang puso, inutusan siya ni Jesus: “Kasama kita sa lupa, at kasama mo Ako rito. At bagama’t magkasama tayo noon sa langit, ito naman ay sa espirituwal na mundo. Ngayon ay nakabalik Ako sa espirituwal na mundo, at ikaw ay nasa lupa, sapagkat hindi Ako nagmula sa lupa, at bagama’t hindi ka nagmula sa lupa, kailangan mong gampanan ang iyong tungkulin sa lupa. Dahil ikaw ay isang lingkod, kailangan mong tuparin ang iyong tungkulin.” Nang marinig ni Pedro na maaari siyang bumalik sa tabi ng Diyos, naaliw siya. Noon, lungkot na lungkot si Pedro na halos maratay siya sa banig ng karamdaman; nakadama siya ng pagsisisi hanggang sa sabihin niyang: “Napakatiwali ko kaya hindi ko mapalugod ang Diyos.” Nagpakita si Jesus sa kanya at nagsabing: “Pedro, nalimutan mo kaya ang matibay na pagpapasiyang ginawa mong minsan sa Aking harapan? Talaga bang nalimutan mo na ang lahat ng sinabi Ko? Nalimutan mo na ba ang matibay na pagpapasiyang ginawa mo sa Akin?” Nang makitang si Jesus iyon, bumangon si Pedro mula sa kanyang higaan, at pinanatag siya ni Jesus nang ganito: “Hindi Ako nagmula sa lupa, sinabi Ko na sa iyo—kailangan mo itong maunawaan, ngunit nalimutan mo na ba ang ibang sinabi Ko sa iyo? ‘Hindi ka rin nagmula sa lupa, hindi ka nagmula sa mundo.’ Ngayon mismo, may gawaing kailangan mong gawin. Hindi ka maaaring magdalamhati nang ganito. Hindi ka maaaring magdusa nang ganito. Bagama’t ang mga tao at ang Diyos ay hindi maaaring umiral nang magkasama sa iisang mundo, mayroon Akong gawain at mayroon kang iyo, at balang araw kapag natapos ang gawain mo, magkakasama tayo sa isang dako, at aakayin kita upang makasama Ko magpakailanman.” Naaliw at muling napanatag si Pedro nang marinig ang mga salitang ito. Alam niya na ang pagdurusang ito ay isang bagay na kinailangan niyang tiisin at maranasan, at mula noon, nagkaroon siya ng inspirasyon. Sadyang nagpakita sa kanya si Jesus sa bawat mahalagang sandali, na binibigyan siya ng espesyal na kaliwanagan at patnubay, at marami Siyang ginawang gawain sa kanyang kalooban. At ano ang bagay na higit na pinagsisihan ni Pedro? Hindi pa natatagalan matapos sabihin ni Pedro na “Ikaw ang Anak ng buhay na Diyos,” nagpahayag ng isa pang tanong si Jesus kay Pedro (bagama’t hindi ito nakatala sa Bibliya sa ganitong paraan). Tinanong

siya ni Jesus: “Pedro! Minahal mo na ba Ako kahit minsan?” Naunawaan ni Pedro ang ibig Niyang sabihin, at sinabi: “Panginoon! Minsa’y minahal ko ang Ama sa langit, ngunit inaamin ko hindi Kita minahal kailanman.” Pagkatapos ay sinabi ni Jesus: “Kung hindi minamahal ng mga tao ang Ama sa langit, paano nila mamahalin ang Anak sa lupa? At kung hindi minamahal ng mga tao ang Anak na isinugo ng Diyos Ama, paano nila mamahalin ang Ama sa langit? Kung tunay na minamahal ng mga tao ang Anak sa lupa, tunay nilang minamahal ang Ama sa langit.” Nang marinig ni Pedro ang mga salitang ito, natanto niya ang kanyang naging pagkukulang. Lagi siyang nagsisisi hanggang sa mapaluha siya sa kanyang mga salitang “Minsa’y minahal ko ang Ama sa langit, ngunit hindi Kita minahal kailanman.” Pagkaraang mabuhay na mag-uli at umakyat sa langit si Jesus, nakadama siya ng higit na pagsisisi at dalamhati sa mga salitang ito. Kapag naaalala niya ang kanyang nakaraang gawain at kasalukuyang tayog, madalas siyang nagdarasal kay Jesus, na laging nakadarama ng pagsisisi at pagkakautang dahil sa hindi niya natugunan ang kalooban ng Diyos at hindi siya umabot sa mga pamantayan ng Diyos. Ang mga isyung ito ang naging pinakamalaki niyang pasanin. Sabi niya: “Balang araw ilalaan ko sa Iyo ang lahat ng mayroon ako at lahat ng pagkatao ko, at ibibigay ko sa Iyo yaong pinakamahalaga.” Sabi niya: “Diyos ko! Iisa lamang ang aking pananampalataya at iisa lamang ang aking minamahal. Walang halaga ang aking buhay, at walang halaga ang aking katawan. Iisa lamang ang aking pananampalataya at iisa lamang ang aking minamahal. Sumasampalataya ako sa Iyo sa aking isipan at minamahal Kita sa puso ko; ang dalawang bagay na ito lamang ang tanging maibibigay ko sa Iyo at wala nang iba pa.” Lubhang lumakas ang loob ni Pedro sa mga salita ni Jesus, dahil bago ipinako si Jesus sa krus, nasabi Niya kay Pedro: “Hindi Ako nagmula sa mundong ito, at hindi ka rin nagmula sa mundong ito.” Kalaunan, nang makadama si Pedro ng matinding pasakit, pinaalalahanan siya ni Jesus: “Pedro, nalimutan mo na ba? Hindi Ako nagmula sa mundo, at lumisan lamang Ako nang mas maaga para sa Aking gawain. Hindi ka rin nagmula sa mundo, nalimutan mo na ba talaga? Dalawang beses Ko nang sinabi sa iyo, hindi mo ba natatandaan?” Nang marinig ito ni Pedro, sinabi niya: “Hindi ko pa nalilimutan!” Pagkatapos ay sinabi ni Jesus: “Minsan ka nang masayang nakipagtipon sa Akin sa langit at isang panahon sa Aking tabi. Nangungulila ka sa Akin, at nangungulila Ako sa iyo. Bagama’t hindi karapat-dapat na banggitin ang mga nilikha sa Aking mga mata, paanong hindi Ko mamahalin yaong walang-malay at kaibig-ibig? Nalimutan mo na ba ang Aking pangako? Kailangan mong tanggapin ang Aking tagubilin sa lupa; kailangan mong tuparin ang gawaing ipinagkatiwala Ko sa iyo. Balang araw tiyak na aakayin kita patungo sa Aking tabi.” Matapos itong marinig, mas lumakas ang loob ni Pedro at tinanggap ang mas malaki pang inspirasyon, nang sa gayon nang siya ay nasa krus, nasabi Niyang: “Diyos ko! Hindi ko magawang mahalin Ka nang sapat! Kahit hilingin Mong mamatay ako, hindi pa rin Kita maaaring mahalin nang sapat! Saan Mo man isugo ang aking kaluluwa, tuparin Mo man o hindi ang dati Mong mga pangako, anuman ang gawin Mo pagkatapos, mahal Kita at naniniwala ako sa Iyo.” Ang kanyang

pinanghawakan ay ang kanyang pananampalataya, at tunay na pagmamahal.

Isang gabi, nasa bangkang pangisda ang ilan sa mga disipulo, pati na si Pedro, kasama si Jesus, at tinanong ni Pedro si Jesus ng isang walang kamuwang-muwang na bagay: “Panginoon! May itatanong ako sa Iyo na napakatagal ko nang gustong itanong.” Sumagot si Jesus: “Kung gayo’y pakitanong mo na!” Sa gayo’y nagtanong si Pedro: “Ikaw ba ang gumawa ng gawaing ginawa noong Kapanahunan ng Kautusan?” Ngumiti si Jesus, na para bang sinasabing: “Batang ito, walang kamuwang-muwang!” Pagkatapos ay nagpatuloy Siya nang may layunin: “Hindi iyon Akin. Ginawa iyon nina Jehova at Moises.” Narinig ito ni Pedro at ibinulalas niya: “Ah! Hindi pala Ikaw ang gumawa.” Nang sabihin ito ni Pedro, hindi na nagsalita si Jesus. Inisip ni Pedro sa kanyang sarili: “Hindi Ikaw ang gumawa niyon, kaya Ka pala naparito para sirain ang kautusan, dahil hindi Ikaw ang gumawa niyon.” Gumaan din ang kanyang puso. Pagkatapos, natanto ni Jesus na medyo walang-muwang si Pedro, ngunit dahil wala siyang pagkaunawa sa panahong iyon, wala nang iba pang sinabi si Jesus o hindi Niya tuwirang pinabulaanan ang kanyang sinabi. Minsa’y nangaral si Jesus sa isang sinagoga kung saan maraming tao ang naroon, pati na si Pedro. Sa Kanyang sermon, sinabi ni Jesus: “Siya na darating mula sa kawalang-hanggan hanggang sa kawalang-hanggan ang gagawa ng gawain ng pagtubos sa Kapanahunan ng Biyaya upang tubusin ang buong sangkatauhan mula sa kasalanan, ngunit hindi Siya mapipigilan ng anumang regulasyon sa pag-akay sa tao na lumaya sa kasalanan. Lalabas Siya ng kautusan at papasok sa Kapanahunan ng Biyaya. Tutubusin Niya ang buong sangkatauhan. Hahakbang Siya pasulong mula sa Kapanahunan ng Kautusan tungo sa Kapanahunan ng Biyaya, subalit walang sinumang nakakakilala sa Kanya, Siya na nagmula kay Jehova. Ang gawaing ginawa ni Moises ay ipinagkaloob ni Jehova; binalangkas ni Moises ang kautusan dahil sa gawaing nagawa ni Jehova.” Pagkasabi nito, nagpatuloy Siya: “Yaong mga magpapawalang-bisa sa mga kautusan ng Kapanahunan ng Biyaya sa Kapanahunan ng Biyaya ay daranas ng kalamidad. Kailangan silang tumayo sa templo at tumanggap ng pagwasak ng Diyos, at darating ang apoy sa kanila.” Nang marinig ang mga salitang ito, nagkaroon ito ng epekto kay Pedro, at sa buong panahon ng kanyang karanasan, inakay at sinuportahan ni Jesus si Pedro, na kinakausap siya nang masinsinan, na nagbigay kay Pedro ng medyo mas malinaw na pagkaunawa kay Jesus. Nang maalala ni Pedro ang ipinangaral ni Jesus noong araw na iyon at ang itinanong niya kay Jesus noong sila ay nasa bangkang pangisda, sa tugon na naibigay ni Jesus, pati na sa Kanyang pagngiti, sa wakas ay naunawaan ni Pedro ang lahat. Pagkatapos, niliwanagan ng Banal na Espiritu si Pedro, at noon lamang niya naunawaan na si Jesus ang Anak ng buhay na Diyos. Ang pag-unawa ni Pedro ay nagmula sa kaliwanagan ng Banal na Espiritu, ngunit may proseso sa kanyang pag-unawa. Sa pamamagitan ng pagtatanong, pakikinig sa pangaral ni Jesus, pagkatapos ay pagtanggap ng espesyal na pagbabahagi ni Jesus at sa Kanyang espesyal na pag-akay, natanto ni Pedro na si Jesus ang Anak ng buhay na Diyos. Hindi iyon nakamtan sa loob ng magdamag; iyon ay isang proseso, at naging tulong iyon sa

kanya sa kanyang mga karanasan kalaunan. Bakit hindi ginawa ni Jesus ang gawaing gawing perpekto ang ibang mga tao, kundi si Pedro lamang? Dahil si Pedro lamang ang nakaunawa na si Jesus ang Anak ng buhay na Diyos; wala nang iba pang nakaalam nito. Bagama't maraming disipulong maraming alam noong panahon nila sa pagsunod sa Kanya, mababaw ang kanilang kaalaman. Ito ang dahilan kaya pinili ni Jesus si Pedro bilang halimbawa ng magawang perpekto. Ang sinabi ni Jesus kay Pedro noon ay siyang sinasabi Niya sa mga tao ngayon, na ang kaalaman at pagpasok sa buhay ay kailangang umabot sa naabot ni Pedro. Gagawing perpekto ng Diyos ang lahat ng tao alinsunod sa kinakailangang ito at sa landas na ito. Bakit inuutusan ang mga tao ngayon na magkaroon ng tunay na pananampalataya at tunay na pagmamahal? Kailangan din ninyong maranasan ang naranasan ni Pedro; ang bungang natamo ni Pedro mula sa kanyang mga karanasan ay kailangan ding makita sa inyo; at kailangan din ninyong maranasan ang pasakit na dinanas ni Pedro. Ang landas na inyong tinatahak ay yaon ding tinahak ni Pedro. Ang pasakit na inyong dinaranas ay yaon ding pasakit na dinanas ni Pedro. Kapag tumanggap kayo ng kaluwalhatian at kapag isinabuhay ninyo ang tunay na buhay, isinasabuhay ninyo ang imahe ni Pedro. Ang landas ay pareho, at ginagawang perpekto ang isang tao sa pamamagitan ng pagtahak dito. Gayunman, ang inyong kakayahan ay tila kulang kumpara doon sa kay Pedro, sapagkat nagbago na ang mga panahon, at gayundin ang lawak ng katiwalian ng mga tao, at dahil ang Judea ay isang matagal nang kaharian na may sinaunang kultura. Dahil dito, kailangan gawin ang lahat ng makakaya ninyo upang paghusayin ang inyong kakayahan.

Si Pedro ay isang napakatinong tao, matalino sa lahat ng ginagawa niya, at masyado rin siyang tapat. Nagdanas siya ng maraming kabiguan. Una niyang nakaugnayan ang lipunan sa edad na 14, kung kailan pumasok siya sa paaralan at nagpunta rin sa sinagoga. Napakasigasig niya at laging handang dumalo sa mga pulong. Sa panahong iyon, hindi pa opisyal na nasimulan ni Jesus ang Kanyang gawain; nagsisimula pa lamang noon ang Kapanahunan ng Biyaya. Nagsimula si Pedro na makaugnayan ang mga relihiyosong tao noong siya ay 14; pagsapit niya sa edad na 18, nakaugnayan niya ang mga kilalang relihiyoso, ngunit nang makita niya ang kaguluhan sa likod ng mga tagpong panrelihiyon, tinalikuran niya iyon. Nakikita kung gaano mapanlinlang, tuso, at mapagpakana ang mga taong ito, lubha siyang nainis (ganito gumawa ang Banal na Espiritu sa panahong iyon, para gawin siyang perpekto. Lalo Niya siyang inantig at gumawa Siya ng ilang espesyal na gawain sa kanya), kaya nga tumalikod siya mula sa sinagoga sa edad na 18. Inusig siya ng kanyang mga magulang at hindi siya hinayaang maniwala (sila ay mga diyablo at walang pananampalataya). Sa huli, nilisan ni Pedro ang kanilang tahanan at naglakbay sa lahat ng dako, na nangingisda at nangangaral sa loob ng dalawang taon, kung kailan inakay rin niya ang ilang tao. Ngayon ay dapat mo nang makita nang malinaw ang eksaktong landas na tinahak ni Pedro. Kung malinaw mong nakikita ang landas ni Pedro, makatitiyak ka sa gawaing ginagawa ngayon, para hindi ka magreklamo o magsawalang-kibo, o manabik sa anuman. Dapat mong maranasan

ang pakiramdam ni Pedro sa panahong iyon: Labis siyang nalungkot; hindi na siya humiling ng kinabukasan o anumang mga pagpapala. Hindi siya naghangad na kumita, lumigaya, sumikat, o yumaman sa mundo; hinangad lamang niyang mamuhay ng pinaka-makabuluhang buhay, yaong masuklian ang pagmamahal ng Diyos at mailaan ang itinuring niyang pinakamahalaga sa Diyos. Sa gayon ay malulugod siya sa kanyang puso. Madalas siyang manalangin kay Jesus sa mga salitang: “Panginoong Jesucristo, minsan Kitang minahal, ngunit hindi Kita tunay na minahal. Bagama’t sinabi kong may pananampalataya ako sa Iyo, kailanma’y hindi Kita minahal nang taos-puso. Iginalang lamang Kita, sinamba Kita, at pinangulilahan Kita, ngunit hindi Kita minahal kailanman ni hindi ako talaga nagkaroon ng pananampalataya sa Iyo.” Palagi siyang nanalangin upang matibay siyang makapagpasiya, at palagi siyang nahikayat sa mga salita ni Jesus at naganyak siya mula sa mga iyon. Kalaunan, pagkaraan ng isang panahon ng karanasan, sinubok siya ni Jesus, na inuudyukan siyang manabik pang lalo sa Kanya. Sinabi niya: “Panginoong Jesucristo! Labis akong nangungulila sa Iyo, at nananabik akong masilayan Ka. Labis akong nagkukulang, at hindi ko matumbasan ang Iyong pagmamahal. Nagmamakaawa akong kunin Mo na ako kaagad. Kailan Mo ako kakailanganin? Kailan Mo ako kukunin? Kailan ko muling masisilayan ang Iyong mukha? Ayaw ko nang mabuhay sa katawang ito, upang patuloy na maging tiwali, ni hindi ko nais na maghimagsik pa. Handa akong ilaan sa Iyo ang lahat ng mayroon ako sa lalong madaling panahon, at ayaw kong palungkutin Ka pa.” Ganito siya nanalangin, ngunit hindi niya alam sa panahong ito kung ano ang gagawing perpekto ni Jesus sa kanya. Habang nahihirapan sa kanyang pagsubok, nagpakitang muli si Jesus sa kanya at sinabing: “Pedro, nais kong gawin kang perpekto, hanggang sa ikaw ay maging isang piraso ng bunga, na siyang bubuo sa Aking pagpeperpekto sa iyo, at siyang ikasisiya Ko. Maaari ka bang tunay na magpatotoo para sa Akin? Nagawa mo ba ang ipinagagawa Ko sa iyo? Naisabuhay mo ba ang mga salitang nasambit Ko? Minsan mo Akong minahal, ngunit kahit minahal mo Ako, naisabuhay mo ba Ako? Ano ang nagawa mo para sa Akin? Kinikilala mo na hindi ka karapat-dapat sa Aking pagmamahal, ngunit ano ang nagawa mo para sa Akin?” Nakita ni Pedro na wala siyang nagawa para kay Jesus at naalala niya ang dating sumpa na ibibigay niya ang kanyang buhay sa Diyos. Kaya nga, hindi na siya nagreklamo, at ang kanyang mga panalangin mula noon ay mas bumuti pa. Nanalangin siya, sinasabing: “Panginoong Jesucristo! Minsan Kitang tinalikuran, at minsan Mo rin akong tinalikuran. Gumugol tayo ng panahon na magkahiwalay, at ng panahon na magkasama. Subalit minahal Mo ako nang higit sa lahat. Paulit-ulit akong naghimagsik laban sa Iyo at paulit-ulit Kitang pinagdalamhati. Paano ko malilimutan ang gayong mga bagay? Lagi kong isinasaisip at hindi ko kinalilimutan ang gawaing nagawa mo sa akin at ang naipagkatiwala Mo sa akin. Nagawa ko ang lahat ng makakaya ko para sa gawaing nagawa Mo sa akin. Alam Mo kung ano ang kaya kong gawin, at alam Mo rin kung anong papel ang kaya kong gampanan. Nais kong magpasakop sa Iyong mga pagsasaayos, at ilalaan ko sa Iyo ang lahat ng mayroon ako.

Ikaw lamang ang nakakaalam kung ano ang kaya kong gawin para sa Iyo. Bagama't labis akong nilinlang ni Satanas at naghimagsik ako laban sa Iyo, naniniwala ako na hindi Mo ako inaalala sa mga paglabag na iyon at na hindi Mo ako tinatrato batay sa mga iyon. Nais kong ilaan ang buong buhay ko sa Iyo. Wala akong hinihiling, ni wala akong ibang mga inaasam o mga plano; nais ko lamang kumilos ayon sa Iyong layon at gawin ang Iyong kalooban. linom ako mula sa Iyong mapait na saro, at narito ako upang pag-utusan Mo."

Kailangang maging malinaw sa inyo ang landas na inyong tinatahak; kailangang maging malinaw sa inyo ang landas na inyong tatahakin sa hinaharap, kung ano ang gagawing perpekto ng Diyos, at kung ano ang naipagkatiwala sa inyo. Balang araw, marahil, susubukin kayo, at pagdating ng panahong iyon, kung nakakuha kayo ng inspirasyon mula sa mga karanasan ni Pedro, ipapakita nito na talagang tumatahak kayo sa landas ni Pedro. Pinuri ng Diyos si Pedro sa kanyang tunay na pananampalataya at pagmamahal, at sa kanyang katapatan sa Diyos. At ginawa siyang perpekto ng Diyos dahil sa kanyang katapatan at taos-pusong pananabik sa Diyos. Kung totoong katulad ng kay Pedro ang taglay mong pagmamahal at pananampalataya, tiyak na gagawin kang perpekto ni Jesus.

Sa Pamamagitan Lamang ng Pagdanas ng Pagpipino Maaaring Magtaglay ang Tao ng Tunay na Pag-ibig

Lahat kayo ay nasa gitna ng pagsubok at pagpipino. Paano ninyo dapat ibigin ang Diyos sa panahon ng pagpipino? Sa pagdanas ng pagpipino, nagagawa ng mga tao na mag-alay ng tunay na papuri sa Diyos, at sa gitna ng pagpipino, nakikita nila na napakalaki ng kanilang pagkukulang. Habang lalong tumitindi ang iyong pagpipino, mas nagagawa mong talikuran ang laman; habang lalong tumitindi ang pagpipino ng mga tao, lalong mas nadaragdagan ang pag-ibig nila sa Diyos. Ito ang dapat ninyong maunawaan. Bakit dapat mapino ang mga tao? Anong epekto ang nilalayon nitong matamo? Ano ang kabuluhan ng gawain ng pagpipino ng Diyos sa tao? Kung tunay mong hinahanap ang Diyos, sa pagdanas sa Kanyang pagpipino hanggang sa isang partikular na punto ay madadama mo na ito ay napakainam, at na ito ay sukdulang kinakailangan. Paano dapat ibigin ng tao ang Diyos sa panahon ng pagpipino? Sa pamamagitan ng determinasyon ibigin ang Diyos upang tanggapin ang Kanyang pagpipino: Sa panahon ng pagpipino ikaw ay nagdurusa sa loob, na para bang isang kutsilyo ang pinipilipit sa iyong puso, ngunit nakahanda kang mapalugod ang Diyos gamit ang iyong puso, na umiibig sa Kanya, at ayaw mong intindihin ang laman. Ito ang kahulugan ng pagsasagawa ng pagmamahal sa Diyos. Nasasaktan ka sa loob, at ang iyong pagdurusa ay nakarating na sa isang partikular na punto, ngunit nakahanda ka pa ring lumapit sa harap ng Diyos at manalangin, na sinasabi ang: "O Diyos! Hindi Kita maaaring iwan. Bagama't mayroong

kadiliman sa loob ko, nais kong mapalugod Ka; alam Mo ang laman ng aking puso, at hinihiling kong magbuhos Ka ng mas malaking pag-ibig Mo sa loob ko.” Ito ang pagsasagawa sa panahon ng pagpipino. Kung gagamitin mo ang pagmamahal sa Diyos bilang saligan, maaari kang mas mailapit ng pagpipino sa Diyos at gagawin ka nitong mas matalik sa Diyos. Yamang naniniwala ka sa Diyos, dapat mong isuko ang iyong puso sa harap ng Diyos. Kung ihahandog at ilalatag mo ang iyong puso sa harap ng Diyos, sa panahon ng pagpipino ay magiging imposible para sa iyo na ikaila ang Diyos, o iwan ang Diyos. Sa ganitong paraan ang iyong relasyon sa Diyos ay magiging lalong mas malapit, at lalong mas normal, at ang iyong pakikipagniig sa Diyos ay magiging lalong mas madalas. Kung palagi kang nagsasagawa sa ganitong paraan, gugugol ka ng mas maraming panahon sa liwanag ng Diyos, at ng mas maraming panahon sa ilalim ng patnubay ng Kanyang mga salita. Magkakaroon din ng higit pang mas maraming pagbabago sa iyong disposisyon, at ang iyong kaalaman ay madaragdagan araw-araw. Kapag dumating ang araw na ang mga pagsubok ng Diyos ay biglang sumapit sa iyo, hindi ka lamang makapaninindigan sa panig ng Diyos, ngunit magagawa mo ring magpatotoo sa Diyos. Sa panahong iyon, ikaw ay magiging kagaya ni Job, at ni Pedro. Sa pagpapatotoo sa Diyos iibigin mo Siya nang tunay, at maiaalay mo nang may kagalakan ang iyong buhay para sa Kanya; ikaw ay magiging saksi ng Diyos, at magiging pinakaiibig ng Diyos. Ang pag-ibig na nakaranas na ng pagpipino ay matatag, hindi mahina. Kailan man o paano ka man isinasailalim ng Diyos sa Kanyang mga pagsubok, nagagawa mong ilatag ang iyong mga pag-aalala kung mabubuhay ka ba o mamamatay, isantabi ang lahat nang may kagalakan para sa Diyos, at masayang tiisin ang anuman para sa Diyos—samakatuwid ang iyong pag-ibig ay magiging dalisay, at ang iyong pananampalataya ay magiging totoo. Sa gayon ka lamang magiging isang tunay na iniibig ng Diyos, at isang tunay na nagawang perpekto na ng Diyos.

Kung ang mga tao ay nahuhulog sa ilalim ng impluwensiya ni Satanas, wala silang pag-ibig para sa Diyos sa loob nila, at ang kanilang dating mga pangitain, pag-ibig, at determinasyon ay naglaho na. Nadarama noon ng mga tao na dapat silang magdusa para sa Diyos, ngunit sa kasalukuyan iniisip nila na kahiya-hiya ang gawin iyon, at hindi sila nauubusan ng mga reklamo. Ito ang gawain ni Satanas, isang tanda na ang tao ay nahulog na sa ilalim ng sakop ni Satanas. Kung maharap ka sa ganitong kalagayan, dapat kang manalangin, at baligtarin mo ito sa lalong madaling panahon—iingat ka nito laban sa mga pag-atake ni Satanas. Sa panahon ng mapait na pagpipino madaling nahuhulog ang tao sa ilalim ng impluwensiya ni Satanas, kaya paano mo dapat ibigin ang Diyos sa panahon ng gayong pagpipino? Dapat mong tipunin ang iyong kalooban, ialay ang iyong puso sa harap ng Diyos at ilaan ang iyong huling sandali sa Kanya. Paano ka man pinipino ng Diyos, dapat mong maisagawa ang katotohanan upang maisakatuparan ang kalooban ng Diyos, at dapat kang magkusa sa sarili mo na hanapin ang Diyos at hangaring makipagniig. Sa mga panahong kagaya nito, habang lalo kang walang kibo, lalo kang magiging mas negatibo at magiging mas madali para sa iyo na

umurong. Kapag kinakailangan mo na gawin ang iyong tungkulin, bagama't hindi mo ito nagagawa nang maayos, gawin mo ang lahat ng iyong makakaya, at gawin ito gamit lamang ang walang iba kundi ang iyong pagmamahal sa Diyos; anuman ang sinasabi ng iba—sinasabi man nilang mahusay ang nagawa mo, o na hindi maganda ang nagawa mo—ang iyong mga intensyon ay tama, at hindi ka mapagmagaling, sapagkat ikaw ay kumikilos sa ngalan ng Diyos. Kapag mali ang pakahulugan sa iyo ng iba, nagagawa mong manalangin sa Diyos at magsabi ng: “O Diyos! Hindi ko hinihiling na pagtiisan ako ng iba o tratuhin nila ako nang maayos, ni maintindihan o sang-ayunan nila ako. Hinihiling ko lamang na magawa kong ibigin Ka sa puso ko, na mapalagay ako sa aking puso, at na maging malinis ang aking konsiyensya. Hindi ko hinihiling na purihin ako ng iba, o tingalain ako; hinahangad ko lamang na mapalugod Ka mula sa aking puso; ginagawa ko ang aking tungkulin sa abot ng aking makakaya, at bagaman ako ay hangal, tanga, may mahinang kakayahan at bulag, nalalaman ko na Ikaw ay kaibig-ibig, at nakahanda akong ilaan ang lahat ng mayroon ako sa Iyo.” Sa sandaling manalangin ka sa ganitong paraan, ang iyong pagmamahal para sa Diyos ay lilitaw, at mas lalong giginhawa ang iyong pakiramdam sa puso mo. Ito ang kahulugan ng pagsasagawa ng pagmamahal sa Diyos. Habang dumaranas ka, dalawang beses kang mabibigo at isang beses na magtatagumpay, o kung hindi naman ay mabibigo nang limang beses at dalawang beses na magtatagumpay, at habang nakararanas ka sa ganitong paraan, tanging sa gitna ng kabiguan mo magagawang makita ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos at matutuklasan kung ano ang kulang sa loob mo. Sa susunod na maharap ka sa gayong mga sitwasyon, dapat mong ingatan ang sarili mo, gawing mahinahon ang iyong mga hakbang, at manalangin nang mas madalas. Unti-unti mong mapapaunlad ang iyong kakayahan na magtagumpay sa gayong mga sitwasyon. Kapag nangyari iyon, naging mabisa ang iyong mga panalangin. Kapag nakita mong naging matagumpay ka sa pagkakataong ito, makakaramdam ka ng kasiyahan, at kapag nananalangin ka magagawa mong madama ang Diyos, at na ang presensiya ng Banal na Espiritu ay hindi ka nilisan—sa gayon mo lamang malalaman kung paano gumagawa ang Diyos sa iyong kalooban. Ang pagsasagawa sa ganitong paraan ay magbibigay sa iyo ng landas sa pagdanas. Kung hindi mo isasagawa ang katotohanan, mawawala ang presensiya ng Banal na Espiritu sa loob mo. Ngunit kung isasagawa mo ang katotohanan kapag nakaharap mo ang mga bagay-bagay sa kung ano talaga sila, bagama't nasasaktan ang iyong kalooban, mapapasaiyo ang Banal na Espiritu pagkaraan nito, madarama mo ang presensiya ng Diyos kapag ikaw ay nananalangin, magkakaroon ka ng lakas upang isagawa ang mga salita ng Diyos, at sa panahon ng pakikipagniig sa iyong mga kapatid wala nang magiging mabigat sa iyong konsensiya at ikaw ay mapapanatag, at sa ganitong paraan, magagawa mong mailantad and iyong nagawa. Anuman ang sabihin ng iba, magagawa mong magkaroon ng isang normal na relasyon sa Diyos, hindi ka mapipigilan ng iba, magtatagumpay ka sa lahat ng bagay—at dahil dito ay maipakikita mo na ang iyong pagsasagawa sa mga salita ng Diyos ay naging mabisa.

Habang tumitindi ang pagpipino ng Diyos, mas nagagawa ng mga puso ng mga tao na ibigin ang Diyos. Ang pagdurusa sa kanilang mga puso ay kapaki-pakinabang sa kanilang mga buhay, lalo nilang nagagawang maging panatag sa harap ng Diyos, ang kanilang relasyon sa Diyos ay mas malapit, at mas mahusay nilang nakikita ang pinakadakilang pag-ibig ng Diyos at ang Kanyang sukdulang pagliligtas. Si Pedro ay dumanas ng pagpipino nang daan-daang beses, at si Job ay sumailalim sa ilang pagsubok. Kung nais ninyong maperpekto ng Diyos, dapat din kayong sumailalim sa pagpipino nang daan-daang beses; magagawa lamang ninyo na maisakatuparan ang kalooban ng Diyos at mapeperpekto kayo ng Diyos kung pagdaraan ninyo ang prosesong ito at aasa sa hakbang na ito. Ang pagpipino ang pinakamahusay na paraan kung saan ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao; ang pagpipino at mapapait na pagsubok lamang ang makapagpapalabas ng tunay na pag-ibig para sa Diyos sa mga puso ng mga tao. Kung walang paghihirap, walang tunay na pag-ibig ang mga tao sa Diyos; kung hindi susubukin ang kanilang kalooban, kung hindi sila tunay na isasailalim sa pagpipino, ang kanilang mga puso ay palaging walang direksyon. Sa pagkapino hanggang sa isang partikular na punto, makikita mo ang iyong sariling mga kahinaan at mga paghihirap, makikita mo kung gaano karami ang kulang sa iyo at na hindi mo kayang mapagtagumpayan ang maraming mga suliranin na iyong kinakaharap, at makikita mo kung gaano katindi ang iyong pagsuway. Sa panahon lamang ng mga pagsubok nagagawa ng mga tao na tunay na malaman ang kanilang totoong mga kalagayan; sa pamamagitan ng mga pagsubok ay mas nagagawang perpekto ang mga tao.

Noong siya ay nabubuhay pa, si Pedro ay dumanas ng pagpipino nang daan-daang beses at sumailalim sa maraming masasakit na pagsubok. Ang pagpipinong ito ang naging saligan ng kanyang sukdulang pagmamahal sa Diyos, at ang naging pinakamakabuluhang karanasan sa buong buhay niya. Sa isang banda, nagawa niyang taglayin ang isang sukdulang pagmamahal sa Diyos dahil sa kanyang determinasyong ibigin ang Diyos; higit na mas mahalaga, gayunpaman, ito ay dahil sa pagpipino at pagdurusa na kanyang pinagdaanan. Ang pagdurusang ito ay ang kanyang naging gabay sa landas ng pag-ibig sa Diyos, at ang naging pinakahindi malilimutang bagay sa kanya. Kung hindi pagdadaan ng mga tao ang kirot ng pagpipino sa pag-ibig sa Diyos, ang kanilang pag-ibig ay puno ng karumihan at ng kanilang sariling mga kagustuhan; ang pag-ibig na kagaya nito ay puno ng mga ideya ni Satanas, at talagang walang kakayahan na maisakatuparan ang kalooban ng Diyos. Ang pagkakaroon ng determinasyon na ibigin ang Diyos ay hindi kagaya ng tunay na pag-ibig sa Diyos. Bagama't lahat ng kanilang iniisip sa kanilang mga puso ay alang-alang sa pag-ibig at pagpapalugod sa Diyos, at kahit na para bang ang kanilang mga saloobin ay nakalaan lahat sa Diyos at wala ni anumang mga ideya ng tao, kapag ang kanilang mga saloobin ay dinala sa harap ng Diyos, hindi Niya pinupuri o binabasbasan ang gayong mga saloobin. Kahit ganap nang naunawaan ng mga tao ang lahat ng mga katotohanan—kapag nalalaman na nila ang lahat ng ito—hindi masasabi na ito ay isang tanda ng pag-ibig sa Diyos, hindi masasabi na tunay na iniibig

ng mga taong ito ang Diyos. Sa kabila ng pagkaunawa sa maraming katotohanan nang hindi sumasailalim sa pagpipino, walang kakayahan ang mga tao na isagawa ang mga katotohanang ito; tanging sa panahon ng pagpipino mauunawaan ng mga tao ang tunay na kahulugan ng mga katotohanang ito, sa gayon lamang tunay na mapahahalagahan ng mga tao ang kanilang mas malalim na kahulugan. Sa panahong iyon, kapag muli nilang sinubukan, maisasagawa nila nang maayos ang mga katotohanan, at alinsunod sa kalooban ng Diyos; sa panahong iyon, ang kanilang mga ideyang pantao ay nababawasan, ang kanilang katiwaliang pantao ay nababawasan, at ang kanilang mga damdaming pantao ay nawawala; sa panahon lamang na iyon magiging isang tunay na pagpapamalas ng pagmamahal sa Diyos ang kanilang pagsasagawa. Ang epekto ng katotohanan ng pagmamahal sa Diyos ay hindi natatamo sa pamamagitan ng binigkas na kaalaman o kahandaan ng isipan, at ni hindi ito maaaring matamo sa pamamagitan ng pag-unawa lamang sa katotohanang iyon. Hinihingi nitong magbayad ang mga tao, na sila ay sumailalim sa maraming kapaitan sa panahon ng pagpipino, at sa gayon lamang magiging dalisay ang kanilang pag-ibig at nakaayon sa puso ng Diyos. Sa Kanyang hinihingi na ibigin Siya ng tao, hindi hinihiling ng Diyos na ibigin Siya ng tao gamit ang silakbo ng damdamin o ang sarili niyang kalooban; sa pamamagitan lamang ng katapatan at ng paggamit ng katotohanan upang paglingkuran Siya magagawa ng tao na tunay na ibigin Siya. Ngunit ang tao ay nabubuhay sa gitna ng katiwalian, at kaya walang kakayahang gamitin ang katotohanan at katapatan upang paglingkuran ang Diyos. Maaaring masidhi ang damdamin niya tungkol sa Diyos o kaya nama'y masyado siyang malamig at walang malasakit; maaaring iniibig niya ang Diyos nang labis o kaya nama'y kinamumuhian Siya nang labis. Ang mga nabubuhay sa gitna ng katiwalian ay palaging nabubuhay sa pagitan ng dalawang pinakasukdulang kalagayang ito, palagi silang nabubuhay ayon sa sarili nilang kalooban subalit naniniwala na sila ay tama. Bagama't paulit-ulit Ko nang nabanggit ito, ang mga tao ay walang kakayahang seryosohin ito, wala silang kakayahang lubos na maunawaan ang kahalagahan nito, at kaya sila ay nabubuhay sa gitna ng paniniwala ng panlilinlang sa sarili, sa maling akala ng pag-ibig para sa Diyos na umaasa sa kanilang sariling kalooban. Sa buong kasaysayan, habang ang tao ay umuunlad at lumilipas ang mga kapanahunan, ang mga hinihingi ng Diyos sa tao ay naging mas mataas pa, at lalo pa Niyang hinihiling na ibigay ng tao ang lahat-lahat sa Kanya. Ngunit ang kaalaman ng tao ukol sa Diyos ay lalo pang naging malabo at mahirap unawain, at ang kanyang pagmamahal sa Diyos ay kasabay na lalo pang naging di-dalisay. Ang kalagayan ng tao at lahat ng kanyang ginagawa ay lalo pang naging salungat sa kalooban ng Diyos, sapagkat ang tao ay lalo pang higit na ginawang napakatiwali ni Satanas. Hinihingi nito na gumawa ang Diyos nang mas marami pa, at mas malaki pang gawain ng pagliligtas. Ang tao ay lalong nagiging mapaghanap sa kanyang hinihingi sa Diyos, at ang kanyang pagmamahal sa Diyos ay pabawas nang pabawas. Ang mga tao ay nabubuhay na sumusuway, nang walang katotohanan, at namumuhay na walang pagkatao; hindi lamang sa wala sila ni katiting

na pagmamahal sa Diyos, ngunit sila ay punung-puno ng pagsuway at paglaban. Bagama't iniisip nila na mayroon na silang sukdulang pag-ibig para sa Diyos, na wala nang makahihigit pa sa kanilang pagtanggap sa Kanya, ang Diyos ay hindi naniniwala na ganoon ito. Malinaw na malinaw sa Kanya kung gaano nadungisan ang pag-ibig ng tao sa Kanya, at hindi Niya pa kailanman binago ang Kanyang opinyon sa tao dahil sa panunulsol ng tao, ni hindi Niya kailanman sinuklian ang kabutihang-loob ng tao bilang resulta ng kanyang debosyon. Hindi kagaya ng tao, nagagawa ng Diyos na makita ang pagkakaiba: nalalaman Niya kung sino ang tunay na umiibig sa Kanya at sino ang hindi, at sa halip na madaig ng silakbo ng damdamin at makalimutan ang Sarili Niya dahil sa panandaliang mga kapusukan ng tao, tinatrato Niya ang tao alinsunod sa diwa at pag-uugali ng tao. Ang Diyos, pagkatapos ng lahat, ay Diyos, at taglay Niya ang Kanyang dangal at ang Kanyang mga kabatiran; ang tao, pagkatapos ng lahat, ay tao, at ang Diyos ay hindi mapapabaling ng pag-ibig ng tao kapag ito ay salungat sa katotohanan. Bagkus, tinatrato ng Diyos nang tama ang lahat ng ginagawa ng tao.

Nahaharap sa kalagayan ng tao at saloobin ng tao sa Diyos, gumawa ang Diyos ng bagong gawain, na nagpahintulot sa tao na makamit kapwa ang kaalaman ukol sa Kanya at pagkamasunurin sa Kanya, at kapwa pag-ibig at patotoo. Kaya, kailangang maranasan ng tao ang pagpipino ng Diyos sa kanya, gayundin ang Kanyang paghatol, pagwawasto, at pagtatabas sa kanya, kung wala ng mga ito ay hindi kailanman makikilala ng tao ang Diyos, at hindi kailanman makakaya na tunay na umibig at magpatotoo sa Kanya. Ang pagpipino ng Diyos sa tao ay hindi lamang para sa magiging epekto sa isang aspeto, ngunit para sa epekto sa iba't ibang aspeto. Sa ganitong paraan lamang ginagawa ng Diyos ang gawain ng pagpipino sa kanila na nakahandang hanapin ang katotohanan, upang ang determinasyon at pag-ibig nila ay magawang perpekto ng Diyos. Sa kanila na nakahandang hanapin ang katotohanan at nananabik sa Diyos, walang anuman ang mas makahulugan, o lubhang makatutulong, kaysa sa pagpipino na kagaya nito. Ang disposisyon ng Diyos ay hindi kaagad nakikilala o nauunawaan ng tao, sapagkat ang Diyos, sa bandang huli, ay Diyos. Sa huli, imposible para sa Diyos na magkaroon ng kaparehong disposisyon kagaya ng sa tao, at kaya hindi madali para sa tao na malaman ang Kanyang disposisyon. Ang katotohanan ay hindi likas na taglay ng tao, at hindi madaling maunawaan ng mga ginawang tiwali ni Satanas; ang tao ay walang katotohanan, at walang determinasyon na isagawa ang katotohanan, at kung hindi siya nagdurusa at hindi pinipino o hinahatulan, ang kanyang determinasyon ay hindi magagawang perpekto kailanman. Para sa lahat ng tao, ang pagpipino ay napakasakit, at napakahirap tanggapin—ngunit sa panahon ng pagpipino ginagawang payak ng Diyos ang Kanyang matuwid na disposisyon sa tao, at isinasapubliko ang Kanyang mga hinihingi para sa tao, at nagbibigay ng mas maraming kaliwanagan, at mas maraming pagtatabas at pagwawasto; sa pamamagitan ng paghahambing sa mga bagay na napatunayan at sa katotohanan, binibigyan Niya ang tao ng higit na kaalaman sa sarili niya at sa katotohanan, at binibigyan ang tao ng higit na pagkaunawa sa kalooban ng Diyos,

na nagpapahintulot sa tao na magkaroon ng mas tunay at mas dalisay na pag-ibig sa Diyos. Iyon ang mga layunin ng Diyos sa pagsasakatuparan ng pagpipino. Lahat ng gawain na ginagawa ng Diyos sa tao ay may sariling mga layunin at kabuluhan; ang Diyos ay hindi gumagawa ng walang kabuluhang gawain, ni hindi Siya gumagawa ng gawain na walang pakinabang sa tao. Ang pagpipino ay hindi nangangahulugan ng pag-aalis sa mga tao mula sa harap ng Diyos, at hindi rin nangangahulugan ng pagwasak sa kanila sa impiyerno. Sa halip, nangangahulugan ito ng pagbabago sa disposisyon ng tao sa panahon ng pagpipino, pagbabago sa kanyang mga intensyon, sa kanyang dating mga pananaw, pagbabago sa kanyang pag-ibig sa Diyos, at pagbabago sa kanyang buong buhay. Ang pagpipino ay isang totoong pagsubok sa tao, at isang anyo ng totoong pagsasanay, at sa panahon lamang ng pagpipino magagampanan ng kanyang pag-ibig ang likas nitong tungkulin.

Ang mga Nagmamahal sa Diyos ay Mabubuhay Magpakailanman sa Kanyang Liwanag

Pananalig sa relihiyon ang diwa ng paniniwala sa Diyos ng karamihan ng tao: Hindi nila kayang magmamahal sa Diyos, at kaya lamang nilang sumunod sa Diyos na tulad ng isang robot, hindi magawang tunay na maghangad sa Diyos o sambahin Siya. Tahimik lamang silang sumusunod sa Kanya. Maraming tao ang naniniwala sa Diyos, ngunit napakakaunti ng nagmamahal sa Diyos; “pinagpipitaganan” lamang nila ang Diyos sapagkat takot sila sa sakuna, o kaya ay “hinahangaan” nila ang Diyos dahil Siya ay mataas at makapangyarihan—ngunit walang pag-ibig o tunay na matinding paghahangad sa kanilang pagpipitagan at paghanga. Sa kanilang mga karanasan, hinahanap nila ang mga detalye ng katotohanan, o hindi kaya naman ay ang ilang di-makabuluhang hiwaga. Sumusunod lamang ang karamihan ng tao, nanghuhuli ng mga biyaya sa mga maalimpuyong tubig; hindi nila hinahanap ang katotohanan, at hindi rin sila tunay na sumusunod sa Diyos upang makatanggap ng mga biyaya ng Diyos. Ang buhay ng lahat ng paniniwala ng tao sa Diyos ay walang kabuluhan, ito ay walang halaga, at naglalaman ng kanilang mga pansariling konsiderasyon at paghahangad; hindi sila naniniwala sa Diyos upang mahalin ang Diyos, ngunit upang maging pinagpala. Maraming tao ang kumikilos paano man nila nais; ginagawa nila ang anumang gusto kanila at hindi kailanman isinasaalang-alang ang mga interes ng Diyos, o kung ang ginagawa ba nila ay alinsunod sa kalooban ng Diyos. Ang mga taong tulad nito ay hindi man lamang makayang magkamit ng tunay na paniniwala, lalo na ng pagmamahal sa Diyos. Ang diwa ng Diyos ay hindi lamang upang paniwalaan ito ng tao; higit pa rito, ito ay para mahalin ito ng tao. Subalit marami sa mga naniniwala sa Diyos ang hindi kayang tuklasin ang “lihim” na ito. Hindi nangangahas ang mga tao na mahalin ang Diyos, o sumusubok na mahalin Siya. Hindi nila kailanman natuklasan na marami ang kaibig-ibig sa Diyos;

hindi nila kailanman natuklasan na ang Diyos ay ang Diyos na nagmamahal sa tao, at Siya ang Diyos na dapat mahalín ng tao. Ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos ay ipinahahayag sa Kanyang gawain: Sa pagdanas lamang sa Kanyang gawain maaaring matuklasan ng mga tao ang Kanyang pagiging kaibig-ibig; sa kanilang mga aktuwal na karanasan lamang nila maaaring mapahalagahan ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos; at kung hindi ito maisasagawa sa tunay na buhay, walang sinuman ang makatutuklas sa pagiging kaibig-ibig ng Diyos. Napakaraming kaibig-ibig sa Diyos, ngunit kung walang tunay na pakikipag-ugnayan sa Kanya, walang kakayahan ang mga tao na tuklasin ito. Ibig sabihin, kung hindi nagkatawang-tao ang Diyos, hindi makakaya ng mga tao ang aktuwal na makipag-ugnayan sa Kanya, at kung hindi nila magawang aktuwal na makipag-ugnayan sa Kanya, hindi rin nila magagawang maranasan ang Kanyang gawain—kaya mababahiran ang kanilang pagmamahal sa Diyos ng maraming kasinungalingan at guni-guni. Ang pagmamahal sa Diyos sa langit ay hindi kasing tunay ng pagmamahal sa Diyos sa lupa, dahil ang kaalaman ng mga tao sa Diyos sa langit ay nabuo sa kanilang mga imahinasyon, sa halip na sa kung ano ang nakita ng sarili nilang mga mata, at kung ano ang kanilang naging personal na naranasan. Kapag pumaparito ang Diyos sa lupa, napagmamasdan ng mga tao ang Kanyang aktuwal na mga gawa at ang Kanyang pagiging kaibig-ibig, at nakikita nila ang lahat ng Kanyang praktikal at karaniwang disposisyon, at ang lahat ng ito ay ilang libong ulit na higit na totoo kaysa sa kabatiran sa Diyos sa langit. Gaano man kamahal ng mga tao ang Diyos sa langit, walang anumang tunay sa pag-ibig na ito, at puno ito ng mga ideya ng tao. Gaano man kaliit ang kanilang pagmamahal para sa Diyos sa lupa, ang pagmamahal na ito ay tunay; kahit ito ay kakaunti lamang, ito ay tunay pa rin. Iniaatas ng Diyos sa tao na kilalanin Siya sa pamamagitan ng tunay na gawain, at sa pamamagitan ng kaalamang ito, nakakamit Niya ang kanilang pagmamahal. Katulad ito ni Pedro: Kung hindi siya namuhay na kasama si Jesus, magiging imposible para sa kanya na sambahin si Jesus. Ang kanyang katapatan kay Jesus ay nabuo rin sa kanyang pakikipag-ugnayan kay Jesus. Upang mahalín Siya ng tao, ang Diyos ay pumarito sa mga tao at namumuhay na kasama ng tao, at ang lahat ng Kanyang ipinakikita at ipinararanas sa tao ay ang realidad ng Diyos.

Ginagamit ng Diyos ang realidad at ang pagdating ng mga katunayan upang maperpekto ang mga tao; tinutupad ng mga salita ng Diyos ang bahagi ng Kanyang pagperpekto sa mga tao, at ito ay ang gawain ng paggabay at pagbubukas ng daan. Ibig sabihin, dapat mong matagpuan sa mga salita ng Diyos ang daan ng pagsasagawa at ang kaalaman sa mga pananaw. Sa pag-unawa sa mga bagay na ito, magkakaroon ang tao ng isang landas at mga pananaw sa kanyang aktuwal na paggawa, at magagawa niyang magkamit ng kaliwanagan sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos; mauunawaan din niya na ang mga bagay na ito ay galing sa Diyos, at magagawang makakilala ng maraming bagay. Matapos ang pag-unawa, dapat na pumasok kaagad ang tao sa realidad na ito, at dapat gamitin ang mga salita ng Diyos upang bigyang-lugod ang Diyos

sa kanyang tunay na buhay. Papatnubayan ka ng Diyos sa lahat ng bagay, at bibigyan ka ng landas ng pagsasagawa, at ipadarama sa iyo na Siya ay lalong kaibig-ibig, at hahayaan kang makita na ang bawat hakbang ng gawain ng Diyos sa iyo ay may layon na gawin kang perpekto. Kung nais mong makita ang pagmamahal ng Diyos, kung nais mong tunay na maranasan ang pagmamahal ng Diyos, kung gayo'y dapat kang magtungo sa kailaliman ng realidad, dapat kang magtungo sa kailaliman ng tunay na buhay at makita na ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay pag-ibig at kaligtasan, na ang lahat ng ginagawa Niya ay upang magawa ng mga tao na iwan ang hindi malinis, at pinuhin ang mga bagay sa loob ng tao na hindi nagsasakatuparan sa kalooban ng Diyos. Gumagamit ang Diyos ng mga salita upang matustusan ang tao; isinasaayos Niya ang mga pangyayari sa tunay na buhay upang makaranas ang mga tao, at kung kumakain at umiinom ang mga tao ng maraming salita ng Diyos, kung gayon, kapag tunay nilang isinasagawa ang mga ito, malulutas nila ang lahat ng hirap sa kanilang buhay gamit ang maraming salita ng Diyos. Ibig sabihin, kailangan ay mayroon kang mga salita ng Diyos upang makarating nang malalim sa realidad; kung hindi mo kinakain at iniinom ang mga salita ng Diyos, at wala sa iyo ang gawain ng Diyos, kung gayon ay hindi ka magkakaroon ng landas sa tunay na buhay. Kung hindi ka kailanman nakakakain o nakaiinom ng mga salita ng Diyos, malilito ka kapag may isang bagay na nangyari sa iyo. Alam mo lamang na dapat mong mahalin ang Diyos, ngunit wala kang kakayahan ng makita ang anumang pagkakaiba at wala kang landas ng pagsasagawa; naguguluhan at nalilito ka, at kung minsan ay naniniwala ka pa na sa pamamagitan ng pagbibigay-kasiyahan sa laman, ikaw ay nagbibigay ng kasiyahan sa Diyos—ang lahat ng ito ay bunga ng hindi pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos. Ibig sabihin, kung ikaw ay walang tulong ng mga salita ng Diyos, at nangangapa lamang sa loob ng realidad, kung gayon, ikaw ay walang kakayahan sa pangkalahatan na mahanap ang landas ng pagsasagawa. Ang mga tao na tulad nito ay hindi lamang nauunawaan kung ano ang ibig sabihin ng paniniwala sa Diyos, at lalong hindi nila nauunawaan kung ano ang ibig sabihin ng mahalin ang Diyos. Kung madalas kang manalangin, at magsiyasat, at maghanap, gamit ang kaliwanagan at gabay ng mga salita ng Diyos, at sa pamamagitan nito ay natutuklasan mo ang nararapat mong isagawa, nahahanap ang mga oportunidad para sa gawain ng Banal na Espiritu, tunay na nakikipagtulungan ka sa Diyos, at hindi naguguluhan at nalilito, kung gayo'y magkakaroon ka ng landas sa tunay na buhay, at tunay kang makapagbibigay-lugod sa Diyos. Kapag nabigyang-lugod mo na ang Diyos, magkakaroon sa loob mo ng gabay ng Diyos, at lalo kang pagpapalain ng Diyos, na magbibigay sa iyo ng kasiyahan: Mararamdaman mong ikinararantal mo nang labis na nabigyang-kaluguran mo ang Diyos, mararamdaman mo ang isang natatanging kasiglahan ng kalooban, at sa iyong puso ay may kalinawan at kapayapaan. Paginhawain ang iyong budhi at magiging malaya ka sa mga paratang, at magiging mabuti ang pakiramdam mo kapag nakita mo ang iyong mga kapatid. Ito ang ibig sabihin ng matamasa ang pag-ibig ng Diyos, at ito lamang ang totoong pagtamasa sa Diyos. Ang pagtamasa ng mga tao

sa pag-ibig ng Diyos ay nakakamit sa pamamagitan ng karanasan: Sa pagdanas ng hirap, at pagdanas ng pagsasagawa ng katotohanan, nakakamit nila ang mga pagpapala ng Diyos. Kung sinasabi mo lamang na mahal ka talaga ng Diyos, na ang Diyos ay nagbayad ng malaking halaga alang-alang sa mga tao, na Siya ay matiyaga at may kabaitang nangungusap ng maraming salita, at laging inililigtas ang mga tao, ang iyong pagbigkas ng mga salitang ito ay isang bahagi lamang ng pagtamasa sa Diyos. Ngunit ang higit na pagtamasa—ang tunay na pagtamasa—ay kapag isinasagawa ng mga tao ang katotohanan sa kanilang tunay na buhay, at pagkatapos nito ay mapayapa sila at may kalinawan sa kanilang mga puso. Nadarama nila ang lubhang pagkaantig ng kalooban at nadarama na ang Diyos ay lubos na kaibig-ibig. Madarama mo na ang halagang iyong ibinayad ay higit pa sa patas. Sapagkat nakapagbayad nang malaking halaga sa iyong mga pagsusumikap, magkakaroon ng higit na sigla sa iyong kalooban: Mararamdaman mo na tunay kang nasisiyahan sa pagmamahal ng Diyos, at mauunawaan mo na nagawa na ng Diyos ang gawain ng pagliligtas sa mga tao, na ang Kanyang pagpipino sa mga tao ay upang dalisayin sila, at sinusubok ng Diyos ang mga tao upang masuri kung tunay nga Siyang minamahal ng mga ito. Kung lagi mong isinasagawa ang katotohanan sa ganitong paraan, unti-unti kang makabubuo ng isang malinaw na kabatiran ng karamihan sa gawain ng Diyos, at sa pagkakataong iyon ay mararamdaman mo na ang mga salita ng Diyos na kinakaharap mo ay kasing linaw ng kristal. Kung kaya mong malinaw na maunawaan ang maraming katotohanan, mararamdaman mo na ang lahat ng bagay ay madaling maisagawa, na makakaya mong mapagtagumpayan ang anumang usapin at madaig ang anumang tukso, at makikita mo na walang anumang suliranin para sa iyo, na labis na magpapalaya at magpapaalpas sa iyo. Sa sandaling ito, matatamasa mo ang pagmamahal ng Diyos, at ang tunay na pagmamahal ng Diyos ay darating sa iyo. Pinagpapala ng Diyos ang mga taong may mga pananaw, may katotohanan, may kaalaman, at tunay na nagmamahal sa Kanya. Kung nais ng mga tao na mamasdan ang pag-ibig ng Diyos, dapat nilang isagawa ang katotohanan sa tunay na buhay, dapat ay handa sila na tiisin ang sakit at talikuran ang kanilang minamahal upang malugod ang Diyos, at sa kabila ng mga luha sa kanilang mga mata, dapat pa rin nilang magawa na magbigay-lugod sa puso ng Diyos. Sa ganitong paraan, tiyak na pagpapalain ka ng Diyos, at kung matitiis mo ang paghihirap na tulad nito, susundan ito ng gawain ng Banal na Espiritu. Sa pamamagitan ng tunay na buhay, at sa pamamagitan ng pagdanas sa mga salita ng Diyos, nakikita ng mga tao ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos, at kapag natikman lamang nila ang pagmamahal ng Diyos ay saka nila Siya tunay na mamahalin.

Ang mga nagmamahal sa Diyos ay ang mga nagmamahal sa katotohanan, at habang lalo itong isinasagawa ng mga nagmamahal sa katotohanan, mas nagkakaroon sila ng marami nito; habang mas isinasagawa nila ito, mas nagkakaroon sila ng higit pang pagmamahal ng Diyos; at habang mas isinasagawa nila ito, mas pinagpapala sila ng Diyos. Kung lagi kang nagsasagawa sa ganitong paraan, unti-unting magagawa ng

pag-ibig ng Diyos na makakita ka, tulad nang makilala ni Pedro ang Diyos: Sinabi ni Pedro na ang Diyos ay hindi lamang nagtataglay ng karunungan lumikha ng mga kalangitan at kalupaan at ng lahat ng bagay, kundi higit pa rito'y may karunungan din Siya na gawin ang tunay na gawain sa mga tao. Sinabi ni Pedro na hindi lamang Siya karapat-dapat sa pag-ibig ng mga tao dahil sa Kanyang paglikha ng mga kalangitan at kalupaan at ng lahat ng bagay, ngunit, higit pa rito, dahil sa Kanyang kakayahang lumikha ng tao, iligtas ang tao, gawing perpekto ang tao, at ibigay ang Kanyang pag-ibig sa tao. Kaya sinabi rin ni Pedro na maraming bagay na taglay Niya ang karapat-dapat sa pag-ibig ng tao. Sinabi ni Pedro kay Jesus: "Ang paglikha ba ng mga kalangitan at kalupaan at lahat ng bagay ang tanging dahilan upang maging karapat-dapat Ka sa pag-ibig ng mga tao? Marami Ka pang tinataglay na kaibig-ibig. Gumaganap at kumikilos Ka sa tunay na buhay, inaantig ng Iyong Espiritu ang kalooban ko, dinidisciplina Mo ako, sinasaway Mo ako—higit pang karapat-dapat ang mga bagay na ito sa pag-ibig ng mga tao." Kung nais mong makita at maranasan ang pag-ibig ng Diyos, kung gayon ay dapat mong tuklasin at hanapin ang tunay na buhay at dapat maging handang isantabi ang iyong sariling laman. Dapat mong gawin ang kapasyahang ito. Dapat kang maging isang taong may paninindigan na magagawang magbigay-lugod sa Diyos sa lahat ng bagay, nang hindi nagiging tamad o nagnanasa sa mga kasiyahan ng laman, nang hindi nabubuhay para sa laman kundi nabubuhay para sa Diyos. Maaaring may mga pagkakataon na hindi mo nabibigyang-lugod ang Diyos. Iyon ay dahil sa hindi mo nauunawaan ang kalooban ng Diyos; sa susunod, mangailangan man ito ng higit pang pagsisikap, dapat mo Siyang bigyang-kaluguran at hindi dapat bigyang-kasiyahan ang laman. Kapag naranasan mo ito sa ganitong paraan, makikilala mo na ang Diyos. Makikita mo na kayang likhain ng Diyos ang mga kalangitan at kalupaan at ang lahat ng bagay, na Siya ay nagkatawang-tao upang tunay Siyang makita ng mga tao at tunay na makisalamuha sa Kanya; makikita mo na nagagawa Niyang lumakad kasabay ng mga tao, na makakaya ng Kanyang Espiritu na gawing perpekto ang mga tao sa tunay na buhay, na nagtutulot sa kanila na makita ang Kanyang pagiging kaibig-ibig at danasin ang Kanyang pagdidisciplina, ang Kanyang pagpaparusa, at ang Kanyang mga biyaya. Kung lagi kang nakadaranas sa ganitong paraan, hindi ka mawawalay sa Diyos sa tunay na buhay, at kung isang araw ay naging hindi na normal ang ugnayan mo sa Diyos, magagawa mong tiisin ang paninisi at makaramdam ng pagsisisi. Kung may normal kang relasyon sa Diyos, hindi mo na nanaisin kailanman na iwan ang Diyos, at kung dumating ang araw na sabihin ng Diyos na iiwan ka Niya, matatakot ka, at sasabihin na nanaisin mo pang mamatay kaysa iwan ng Diyos. Sa sandaling may ganito ka nang mga damdamin, mararamdaman mo na wala kang kakayahang lisanin ang Diyos, at sa ganitong paraan, magkakaroon ka ng isang pundasyon, at tunay na matatamasa ang pag-ibig ng Diyos.

Madalas magsabi ang mga tao na hinahayaan nila na ang Diyos ang kanilang maging buhay, ngunit hindi pa umaabot sa puntong iyon ang kanilang karanasan.

Sinasabi mo lamang na ang Diyos ang iyong buhay, na ginagabayan ka Niya araw-araw, na kinakain at iniinom mo ang Kanyang mga salita sa bawat araw, at nananalangin ka sa Kanya bawat araw, kaya't Siya na ang naging buhay mo. May kababawan ang kabatiran ng mga nagsasabi nito. Walang pundasyon ang marami sa mga tao; naitanim na sa kanilang kalooban ang mga salita ng Diyos, ngunit hindi pa sumisibol ang mga ito, at lalong hindi pa namumunga ang mga ito. Ngayon, hanggang saan na ang iyong naranasan? Ngayon lang, matapos kang pilitin ng Diyos na makarating hanggang dito, nararamdaman mo bang hindi mo kayang iwan ang Diyos. Isang araw, kapag umabot na sa isang tiyak na punto ang iyong karanasan, kung paaalisin ka ng Diyos, hindi mo ito magagawa. Lagi mong mararamdaman na hindi mo kaya na wala ang Diyos sa iyong kalooban; makakaya mong walang asawa, o mga anak, walang pamilya, walang ina o ama, walang mga kasiyahan ng laman, ngunit hindi mo makakaya na wala ang Diyos. Ang pagiging walang Diyos ay magiging katulad ng pagkawala ng iyong buhay; hindi mo magagawang mabuhay nang walang Diyos. Kapag hanggang sa puntong ito na ang naranasan mo, naging matagumpay ka na sa pananampalataya mo sa Diyos, at sa ganitong paraan, ang Diyos na ang magiging buhay mo, Siya na ang magiging pundasyon ng iyong buhay. Hindi mo na kailanman magagawa pang muling iwan ang Diyos. Kapag nakaranas ka na hanggang sa puntong ito, natamasa mo na talaga ang pag-ibig ng Diyos, at kapag may sapat ang pagiging malapit mo sa Diyos, Siya na ang iyong magiging buhay, ang iyong pag-ibig, at pagsapit ng panahong iyan, mananalangin ka sa Diyos at magsasabi: "O Diyos! Hindi Kita makakayang iwan. Ikaw ang aking buhay. Makakaya kong magpatuloy nang wala ang kahit ano pa man—ngunit kung wala Ka, hindi ko makakayang patuloy na mabuhay." Ito ang tunay na tayog ng mga tao; ito ang tunay na buhay. Napilitan ang ilang tao na makarating hanggang sa layo ng narating nila ngayon: Kailangan nilang magpatuloy naisin man nila o hindi, at lagi nilang nararamdaman na parang naiipit sila sa mga napakahirap na kalagayan. Dapat mong maranasan na ang Diyos ay ang iyong buhay, na kung ilalayo ang Diyos sa iyong puso, matutulad ito sa pagkawala ng iyong buhay; dapat maging buhay mo ang Diyos, at wala ka dapat kakayahang iwan Siya. Sa ganitong paraan, totooan mo nang mararanasan ang Diyos, at sa oras na ito, kapag minahal mo ang Diyos, tunay mong mamahalin ang Diyos, at ito ay magiging isang natatangi at dalisay na pagmamahal. Isang araw, kapag sa mga ganoong karanasan ay nakaabot na ang iyong buhay sa isang tiyak na punto, kapag ikaw ay nananalangin sa Diyos, at kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, hindi mo magagawang alisin ang Diyos sa iyong kalooban, ni hindi mo magagawang kalimutan Siya kahit na ibig mo. Naging buhay mo na ang Diyos; maaari mong kalimutan ang mundo, maaari mong kalimutan ang iyong asawa, o mga anak, ngunit magkakaroon ka ng suliranin sa paglimot sa Diyos—ang gawin iyon ay imposible, ito ay ang iyong tunay na buhay, at ang iyong tunay na pag-ibig sa Diyos. Kapag umabot na sa isang partikular na punto ang pagmamahal ng mga tao sa Diyos, wala nang ibang makapapantay sa pagmamahal nila sa Diyos; nangunguna ang pagmamahal nila sa Diyos.

Sa ganitong paraan, nagagawa mong isuko ang lahat ng iba pang bagay, at handa kang tanggapin ang lahat ng pagwawasto at pagtatapas mula sa Diyos. Kapag nakamit mo na ang pagmamahal sa Diyos na humihigit sa lahat, mamumuhay ka sa realidad at sa pag-ibig ng Diyos.

Sa sandaling ang Diyos ay maging buhay ng mga tao, hindi na nila magagawang talikuran ang Diyos. Hindi ba ito ang gawa ng Diyos? Wala nang hihigit pang patotoo! Gumawa ang Diyos hanggang sa isang partikular na punto; nagsalita na Siya upang maglingkod ang mga tao, para makastigo o mamatay, at hindi umurong ang mga tao, na nagpapakita na nalupig na sila ng Diyos. Sa kanilang tunay na mga karanasan, ang mga taong may katotohanan ay ang mga kayang manindigan sa kanilang patotoo, manindigan sa kanilang kalagayan, tumayo sa panig ng Diyos, nang hinding-hindi umaatras, at kayang magkaroon ng normal na ugnayan sa mga taong nagmamahal sa Diyos, na sakali mang mangyari ang mga bagay-bagay sa kanila ay magagawang lubos na sumunod sa Diyos, at kayang sumunod sa Diyos hanggang kamatayan. Ang iyong pagsasagawa at mga pahayag sa tunay na buhay ay ang patotoo sa Diyos, ang mga ito ang pagsasabuhay at patotoo Diyos ng tao, at ito ang tunay na pagtatamasa sa pagmamahal ng Diyos; kapag nakaranas ka hanggang sa puntong ito, ang nararapat na bisa ay nakamit na. Nagtataglay ka ng aktuwal na pagsasabuhay, at ang bawat kilos mo ay tinitingala ng iba nang may paghanga. Pangkaraniwan ang iyong pananamit at panlabas na anyo, ngunit isinasabuhay mo ang isang buhay na may sukdulang debosyon, at kapag ipinababatid mo ang mga salita ng Diyos, ginagabayan at nililiwanagan ka Niya. Nagagawa mong sabihin ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng iyong mga salita, ipagbigay-alam ang realidad, at marami kang nauunawaan tungkol sa paglilingkod nang may diwa. Tapat ka sa iyong pananalita, ikaw ay disente at matuwid, ayaw sa hidwaan at maginoo, nagagawang sundin ang mga pagsasaayos ng Diyos at naninindigan sa iyong patotoo kapag may nangyayari sa iyo, at ikaw ay payapa at mahinahon anuman ang kinakaharap mo. Ang ganitong uri ng tao ay nakakita na talaga sa pag-ibig ng Diyos. May ilang tao na bata pa, ngunit kumikilos sila na tila may-edad na; may isip na sila, nagtataglay ng katotohanan, at hinahangaan ng iba—at ito ang mga taong may patotoo, at mga pagpapamalas ng Diyos. Sa madaling salita, kapag nakaranas na sila hanggang sa isang partikular na punto, magkakaroon sa kanilang kalooban ng isang pananaw sa Diyos, at ang kanilang panlabas na disposisyon ay magiging matatag rin. Maraming tao ang hindi nagsasagawa ng katotohanan, at hindi naninindigan sa kanilang patotoo. Walang pag-ibig sa Diyos o patotoo sa Diyos ang mga taong tulad nito, at ito ang mga tao na pinakakinamumuhian ng Diyos. Binabasa nila ang mga salita ng Diyos sa mga pagtitipon, ngunit ang kanilang isinasabuhay ay si Satanas, at ito ay pagbibigay-kahihiyan sa Diyos, paninirang-puri sa Diyos, at paglapastangan sa Diyos. Sa ganoong mga tao, walang tanda ng pagmamahal ng Diyos, at walang-wala sa kanila ang gawain ng Banal na Espiritu. Kaya't ang mga salita at kilos ng mga tao ay kumakatawan kay Satanas. Kung laging payapa ang iyong puso sa harap ng Diyos, at lagi kang nagbibigay-pansin

sa mga tao at sa mga bagay sa paligid mo, at sa mga nangyayari sa paligid mo, at kung nagsasaalang-alang ka sa pasanin ng Diyos, at laging may pusong gumagalang sa Diyos, kung gayon ay malimit na bibigyang-liwanag ng Diyos ang iyong kalooban. May mga tao sa iglesia na mga “tagapangasiwa”: sinisimulan nila ang masugid na pagmamatyag sa mga kamalian ng iba, at saka ginagaya at tinutularan ang mga ito. Hindi nila kayang makita ang pagkakaiba, hindi sila nasusuklam sa kasalanan, at hindi namumuhi o nakararamdam ng pagkainis sa mga bagay-bagay ni Satanas. Ang ganoong mga tao ay puno ng mga bagay-bagay ni Satanas, at sa huli ay lubusan silang tatalikuran ng Diyos. Dapat laging gumagalang ang iyong puso sa harap ng Diyos, dapat kang maging mahinahon sa iyong mga salita at mga kilos, at hindi kailanman magnais na labanan o biguin ang Diyos. Hindi ka dapat pumayag kailanman na mauwi sa wala ang gawain ng Diyos sa iyo, o tulutan ang lahat ng paghihirap na tiniis mo at ang lahat ng isinagawa mo na mauwi sa wala. Handa ka dapat na higit na magsikap at higit na ibigin ang Diyos sa landas na tatahakin. Ito ang mga taong ang pananaw ay ang kanilang pundasyon. Sila ang mga taong naghahangad ng pagsulong.

Kung naniniwala ang mga tao sa Diyos, at nararanasan ang mga salita ng Diyos nang may pusong gumagalang sa Diyos, kung gayon ay makikita sa ganoong mga tao ang pagliligtas ng Diyos at ang pag-ibig ng Diyos. Nagagawa rin ng mga taong ito na magpatotoo sa Diyos; isinasabuhay nila ang katotohanan, at ang kanilang pinatotohanan ay ang katotohanan din, kung ano ang Diyos at ang disposisyon ng Diyos. Namumuhay sila sa gitna ng pagmamahal ng Diyos at nakita na nila ang pagmamahal ng Diyos. Kung nais ng mga tao na mahalin ang Diyos, dapat nilang matikman ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos at makita ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos; sa gayon lamang makakayang gisingin sa kanila ang isang pusong nagmamahal sa Diyos, isang pusong humihikayat sa mga tao na matapat na ibigay ang mga sarili nila sa Diyos. Hindi pinaibig ng Diyos sa Kanya ang mga tao sa pamamagitan ng mga salita at pahayag o sa pamamagitan ng kanilang imahinasyon, at hindi Niya pinipilit ang mga tao na mahalin Siya. Sa halip, hinahayaan Niyang kusang-loob na ibigin nila Siya, at hinahayaan Niya na makita nila sa Kanyang gawain at mga pagsasalita ang Kanyang pagiging kaibig-ibig, at matapos nito ay sumisibol sa kanila ang pagmamahal sa Diyos. Tanging sa ganitong paraan maaaring tunay na magpatotoo ang mga tao sa Diyos. Hindi minamahal ng mga tao ang Diyos dahil nahimok sila ng iba na gawin ito, at hindi rin ito panandaliang bugso ng damdamin. Minamahal nila ang Diyos sapagkat nakita na nila ang Kanyang pagiging kaibig-ibig, nakita nila na marami sa Kanya ang karapat-dapat ibigin ng mga tao, sapagkat nakita na nila ang pagliligtas, karunungan, at mga kamangha-kamanghang gawa ng Diyos—at bunga nito, sila ay tunay na nagbibigay-papuri sa Diyos at tunay na hinahangad Siya, at may ganoong simbuyo ng damdamin na nagigising sa kanila na hindi sila maaaring mabuhay nang hindi nakakamit ang Diyos. Ang dahilan kung bakit nagagawang magbigay ng tumataginting na patotoo sa Kanya ang mga taong tunay na nagpapatotoo sa Diyos ay dahil ang kanilang patotoo ay nakasandig sa pundasyon ng

tunay na kabatiran at tunay na paghahangad para sa Diyos. Ang ganoong patotoo ay hindi inihahandog sa isang bugso ng damdamin, ngunit ayon sa kanilang kaalaman sa Diyos at sa Kanyang disposisyon. Dahil nakilala na nila ang Diyos, sa pakiramdam nila ay tiyak na dapat silang magpatotoo sa Diyos, at gawin ang lahat ng naghahangad sa Diyos na makilala ang Diyos, at malaman ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos at ang Kanyang pagiging totoo. Tulad ng pag-ibig ng mga tao sa Diyos, ang kanilang patotoo ay kusang-loob, ito ay tunay, at may tunay na kabuluhan at halaga. Hindi ito pasibo o hungkag at walang-kabuluhan. Ang dahilan kung bakit ang mga umiibig lamang sa Diyos ang may pinakamataas na halaga at kahulugan sa kanilang mga buhay, at sila lamang ang tunay na naniniwala sa Diyos, ay dahil nagagawa ng mga taong ito na mamuhay sa liwanag ng Diyos at nagagawa nilang mamuhay para sa gawain at pamamahala ng Diyos. Ito ay dahil hindi sila namumuhay sa kadiliman, kundi namumuhay sila sa liwanag; hindi sila namumuhay nang walang-kahulugang mga buhay, bagkus ay mga buhay na pinagpala ng Diyos. Tanging ang mga taong nagmamahal sa Diyos ang nagagawang magpatotoo sa Diyos, sila lamang ang mga saksi ng Diyos, sila lamang ang pinagpala ng Diyos, at sila lamang ang nagagawang tumanggap ng mga pangako ng Diyos. Ang mga nagmamahal sa Diyos ay mga kapalagayang-loob ng Diyos; sila ang mga tao na minamahal ng Diyos, at matatamasa nila ang mga pagpapala kasama ng Diyos. Ang mga taong tulad lamang nito ang mabubuhay hanggang sa kawalang-hanggan, at sila lamang ang mabubuhay magpakailanman sa ilalim ng pangangalaga at pag-iingat ng Diyos. Ang Diyos ay para mahalin ng tao, at karapat-dapat Siya sa pagmamahal ng lahat ng tao, ngunit hindi lahat ng tao ay may kakayahang mahalin ang Diyos, at hindi lahat ng tao ay makakayang magpatotoo sa Diyos at humawak ng kapangyarihan kasama ng Diyos. Dahil nagagawa nilang magpatotoo sa Diyos, at maglaan ng lahat ng kanilang mga pagsisikap sa gawain ng Diyos, ang mga taong tunay na umiibig sa Diyos ay maaaring maglakad saanman sa ilalim ng mga kalangitan nang walang sinumang mangangahas na labanan sila, at makakaya nilang gamitin ang kapangyarihan sa lupa at pamunuan ang lahat ng tao ng Diyos. Nagsasama-sama ang mga taong ito mula sa iba't ibang dako ng mundo. Nagsasalita sila ng iba't ibang wika at may iba't ibang kulay ng balat, ngunit ang kanilang buhay ay may magkakatulad na kahulugan; silang lahat ay may pusong nagmamahal sa Diyos, silang lahat ay nagtataglay ng magkakatulad na patotoo, at may magkakatulad na kapasyahan, at magkakatulad na minimithi. Makapaglalakad nang malaya sa buong mundo ang mga umiibig sa Diyos, at makapaglalakbay sa buong sansinukob ang mga taong nagpapatotoo sa Diyos. Minamahal ng Diyos ang mga taong ito, pinagpapala sila ng Diyos, at mabubuhay sila magpakailanman sa Kanyang liwanag.

Yaon Lamang mga Nakatuon sa Pagsasagawa ang Mapeperpekto

Sa mga huling araw, ang Diyos ay naging tao upang gawin ang gawain na kailangan Niyang gawin at upang gampanan ang Kanyang ministeryo ng mga salita. Personal Siyang pumarito upang gumawa sa gitna ng mga tao na may mithiing gawing perpekto ang mga taong kapareho Niya ang saloobin. Mula noong panahon ng paglikha hanggang ngayon, sa mga huling araw lamang Niya naisagawa ang ganitong klaseng gawain. Sa mga huling araw lamang nagkatawang-tao ang Diyos upang gawin ang gayong kalaking gawain. Bagama't nagtititiis Siya ng mga paghihirap na mahihirapang tiisin ng mga tao, at bagama't Siya ay isang dakilang Diyos na may kababaang-loob na maging isang karaniwang tao, walang aspeto ng Kanyang gawain ang naantala, at ang Kanyang plano ay hindi nagulo kahit kaunti. Ginagawa Niya ang gawain alinsunod sa Kanyang orihinal na plano. Ang isa sa mga layunin ng pagkakatawang-taong ito ay para lupigin ang mga tao, ang isa pa ay para gawing perpekto ang mga taong Kanyang iniibig. Hinahangad Niyang makita ng Kanyang sariling mga mata ang mga taong Kanyang pineperpekto, at nais Niyang makita Niya Mismo kung paanong nagpapatotoo para sa Kanya ang mga taong Kanyang pineperpekto. Hindi isa o dalawang tao ang pineperpekto. Sa halip, isa itong grupo, na binubuo lamang ng iilang tao. Ang mga tao sa grupong ito ay nagmumula sa iba't ibang bansa sa mundo, at nagmumula sa iba't ibang nasyonalidad sa mundo. Ang layon ng paggawa ng napakaraming gawain ay para matamo ang grupong ito ng mga tao, upang matamo ang patotoo ng grupong ito ng mga tao para sa Kanya, at para makamit ang kaluwalhatian ng makukuha Niya mula sa kanila. Hindi Siya gumagawa ng gawain nang walang kabuluhan, ni hindi Siya gumagawa ng gawaing walang halaga. Masasabi na, sa paggawa ng napakaraming gawain, ang layon ng Diyos ay ang gawing perpekto ang lahat ng nais Niyang gawing perpekto. Sa anumang bakanteng oras Niya sa labas nito, aalisin Niya yaong masasama. Dapat ninyong malaman na hindi Niya ginagawa ang dakilang gawaing ito dahil sa yaong masasama; bagkus, ibinibigay Niya ang lahat Niya dahil sa kakaunting tao na Kanyang gagawing perpekto. Ang gawaing Kanyang ginagawa, ang mga salitang Kanyang sinasabi, ang mga hiwagang Kanyang ibinubunyag, at ang Kanyang paghatol at pagkastigo ay pawang para sa kapakanan ng kakaunting tao na iyon. Hindi Siya naging tao dahil sa yaong masasama, at lalong hindi nila Siya nauudyukang magalit nang husto. Sinasabi Niya ang katotohanan, at nagsasalita tungkol sa pagpasok, dahil sa mga gagawing perpekto; Siya ay naging tao dahil sa kanila, at dahil sa kanila kaya Niya ipinagkakaloob ang Kanyang mga pangako at pagpapala. Ang katotohanan, pagpasok, at buhay sa pagiging tao na Kanyang sinasabi ay hindi pinagsisikapan para sa kapakanan niyaong masasama. Nais Niyang iwasang kausapin yaong masasama, sa halip ay nais Niyang ipagkaloob ang lahat ng katotohanan sa mga yaon na gagawing perpekto. Subalit kinakailangan ng Kanyang gawain na, pansamantala, tulutan yaong masasama na magtamasa ng ilan sa Kanyang

mga kayamanan. Yaong mga hindi isinasagawa ang katotohanan, hindi binibigyang-kasiyahan ang Diyos, at ginagambala ang Kanyang gawain ay pawang masasama. Hindi sila magagawang perpekto, at kinasusuklaman at itinatakwil sila ng Diyos. Sa kabilang dako, ang mga taong nagsasagawa ng katotohanan at nabibigyang-kasiyahan ang Diyos at ginugugol ang kanilang buong sarili sa gawain ng Diyos ang mga taong gagawing perpekto ng Diyos. Yaong mga nais gawing ganap ng Diyos ay walang iba kundi ang grupong ito ng mga tao, at ang gawaing ginagawa ng Diyos ay para sa kapakanan ng mga taong ito. Ang katotohanang Kanyang sinasabi ay para sa mga taong handang isagawa ito. Hindi Siya nakikipag-usap sa mga taong hindi isinasagawa ang katotohanan. Ang pag-iibayo ng kabatiran at paglago ng pagkahiwatig na Kanyang sinasabi ay nakatuon sa mga taong maisasagawa ang katotohanan. Kapag nagsasalita Siya tungkol sa mga yaong gagawing perpekto, ang mga taong ito ang sinasabi Niya. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay nakatuon sa mga taong handang magsagawa ng katotohanan. Ang mga bagay na kagaya ng pagkakaroon ng karunungan at pagkatao ay nakatuon sa mga taong handang isagawa ang katotohanan. Yaong mga hindi nagsasagawa ng katotohanan ay maaaring makarinig ng maraming salita ng katotohanan, ngunit dahil likas na napakasama nila at hindi sila interesado sa katotohanan, ang nauunawaan lamang nila ay mga doktrina at salita at hungkag na mga teorya, na wala ni katiting na halaga para sa kanilang pagpasok sa buhay. Walang isa man sa kanila ang tapat sa Diyos; silang lahat ay mga taong nakikita ang Diyos ngunit hindi Siya makamit; lahat sila ay isinumpa ng Diyos.

Ang Banal na Espiritu ay may isang landas na tatahakin sa bawat tao, at binibigyan ang bawat tao ng pagkakataon na mapeperpekto. Sa iyong pagiging negatibo naipapaalam sa iyo ang sarili mong katiwalian, at sa pag-aalis ng pagiging negatibo ay makasusumpong ka ng landas ng pagsasagawa; lahat ito ay paraan kung saan ginagawa kang perpekto. Bukod diyan, sa patuloy na paggabay at pagpapalinaw ng ilang positibong bagay sa iyong kalooban, aktibo mong gagampanan ang iyong tungkulin, lalago sa kabatiran at makakahiwatig. Kapag maganda ang iyong mga kalagayan, mas handa kang basahin ang salita ng Diyos, at mas handa kang manalangin sa Diyos, at maiuugnay mo ang mga sermon na iyong naririnig sa iyong sariling sitwasyon. Sa gayong mga pagkakataon nililiwanagan at tinatanglawan ng Diyos ang iyong kalooban, kaya natatanto mo ang ilang positibong aspeto. Ganito ka pineperpekto sa positibong aspeto. Sa mga negatibong kalagayan, ikaw ay mahina at pasibo; pakiramdam mo ay wala ang Diyos sa puso mo, subalit pinaliliwanagan ka ng Diyos, tinutulungan kang makahanap ng isang landas ng pagsasagawa. Lalabas dito ang pagtatamo ng pagkaperpekto sa negatibong aspeto. Mapeperpekto ng Diyos ang tao kapwa sa positibo at negatibong mga aspeto. Nakasalalay ito sa kung nagagawa mong makaranas, at kung hinahangad mong mapeperpekto ng Diyos. Kung tunay mong hinahangad na mapeperpekto ng Diyos, ang negatibo ay hindi ka magagawang dumanas ng kawalan, kundi maaaring maghatid sa iyo ng mga bagay na mas totoo, at magagawa kang mas malaman yaong kakulangan sa loob mo, mas

mauunawaan ang iyong tunay na kalagayan, at makikita na walang kahit ano ang tao, at balewala siya; kung hindi ka makararanas ng mga pagsubok, hindi mo malalaman, at palagi mong madarama na nakahihigit ka sa iba at mas mahusay ka kaysa sa lahat ng iba pa. Sa lahat ng ito makikita mo na lahat ng dumating noon ay ginawa ng Diyos at protektado ng Diyos. Ang pagpasok sa mga pagsubok ay iniwan kang walang pagmamahal o pananampalataya, kulang ka sa panalangin at hindi mo nagagawang umawit ng mga himno, at hindi mo namamalayan, sa gitna nito ay nakikilala mo ang iyong sarili. Maraming paraan ang Diyos para maperpekto ang tao. Ginagamit Niya ang lahat ng uri ng sitwasyon para iwasto ang tiwaling disposisyon ng tao, at gumagamit ng iba't ibang bagay upang ilantad ang tao; sa isang bagay, iwinawasto Niya ang tao, sa isa pa ay inilalantad Niya ang tao, at sa isa pa ay ibinubunyag Niya ang tao, hinuhukay at ibinubunyag ang “mga hiwaga” sa kaibuturan ng puso ng tao, at ipinakikita sa tao ang kanyang kalikasan sa pamamagitan ng paghahayag sa marami sa kanyang mga kalagayan. Pineperpekto ng Diyos ang tao sa pamamagitan ng maraming pamamaraan—sa pamamagitan ng paghahayag, pagwawasto, pagpipino, at pagkastigo sa tao—para malaman ng tao na ang Diyos ay praktikal.

Ano ang hinahangad ninyo ngayon? Ang maperpekto ng Diyos, makilala ang Diyos, makamit ang Diyos—o marahil ay hangad ninyong iakto ang inyong sarili sa pag-uugali ng isang Pedro ng dekada 90, o magkaroon ng pananampalatayang higit pa kaysa kay Job, o siguro’y hangad ninyong matawag ng Diyos na matuwid at makarating sa harap ng luklukan ng Diyos, o maipamalas ang Diyos sa lupa at malakas at matunog na magpatotoo para sa Diyos. Anuman ang inyong hinahangad, sa lahat ng ito, naghahangad kayo para mailigtas ng Diyos. Naghahangad ka man na maging isang taong matuwid, o hinahangad ang pag-uugali ni Pedro, o ang pananampalataya ni Job, o na maperpekto ng Diyos, lahat ay gawaing ginagawa ng Diyos sa tao. Sa madaling salita, anuman ang iyong hinahangad, ito ay lahat para maperpekto ng Diyos, lahat para maranasan ang salita ng Diyos, para bigyang-kasiyahan ang puso ng Diyos; anuman ang iyong hinahangad, ito ay lahat para matuklasan ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos, para mahanap ang isang landas ng pagsasagawa sa tunay na karanasan na may layon na maiwaksi ang iyong sariling mapanghimagsik na disposisyon, matamo ang isang normal na kalagayan sa iyong kalooban, lubos na makaayon sa kalooban ng Diyos, maging isang tamang tao, at magkaroon ng tamang motibo sa lahat ng iyong ginagawa. Kaya mo dinaranas ang lahat ng ito ay upang makilala mo ang Diyos at lumago ang iyong buhay. Bagama’t ang nararanasan mo ay salita ng Diyos at totoong mga pangyayari, gayundin ang mga tao, mga usapin, at mga bagay sa iyong mga kapaligiran, sa huli ay nakikilala mo ang Diyos at napeperpekto ka ng Diyos. Upang hangaring tahakin ang landas ng isang taong matuwid o hangaring isagawa ang salita ng Diyos: ang mga ito ang daanan, samantalang ang makilala ang Diyos at maperpekto ng Diyos ang hantungan. Hinahangad mo man ngayong maperpekto ng Diyos, o magpatotoo para sa Diyos, lahat ng ito sa bandang huli ay para makilala ang Diyos; ito ay para hindi mawalan ng

kabuluhan ang gawaing Kanyang ginagawa sa iyo, upang sa huli ay malaman mo ang realidad ng Diyos, malaman ang Kanyang kadakilaan, at higit pa roon ay malaman ang kababaang-loob at pagiging tago ng Diyos, at malaman ang malaking gawaing ginagawa ng Diyos sa iyo. Nagpakumbaba na ang Diyos Mismo sa antas na ginagawa Niya ang Kanyang gawain sa marurumi at tiwaling mga taong ito, at pineperpekto ang grupong ito ng mga tao. Hindi lamang naging tao ang Diyos upang mamuhay at kumain sa gitna ng mga tao, gabayan ang mga tao, at tustusan ang pangangailangan ng mga tao. Ang higit na mahalaga ay ginagawa Niya ang Kanyang dakilang gawaing iligtas at lupigin ang mga taong ito na lubhang tiwali. Dumating Siya sa puso ng malaking pulang dragon upang iligtas ang pinakatiwaling mga taong ito, para lahat ng tao ay mabago at magawang bago. Ang napakalaking hirap na tinitiiis ng Diyos ay hindi lamang ang hirap na tinitiiis ng Diyos na nagkatawang-tao, kundi higit sa lahat ay dumaranas ng malaking kahihyan ang Espiritu ng Diyos—Siya ay nagpapakumbaba at itinatago nang husto ang Kanyang Sarili kaya Siya nagiging isang karaniwang tao. Ang Diyos ay nagkatawang-tao at nag-anyong tao upang makita ng mga tao na mayroon Siyang isang normal na buhay ng tao at normal na mga pangangailangan ng tao. Sapat na ito upang patunayan na nagpakumbaba ang Diyos Mismo nang labis. Ang Espiritu ng Diyos ay nananahan sa katawang-tao. Ang Kanyang Espiritu ay napakataas at dakila, subalit nag-aanyo Siyang isang karaniwang tao, isang balewalang tao, upang gawin ang gawain ng Kanyang Espiritu. Ang kakayahan, kabatiran, diwa, pagkatao, at buhay ng bawat isa sa inyo ay nagpapakita na hindi talaga kayo karapat-dapat na tumanggap ng ganitong uri ng gawain ng Diyos. Hindi talaga kayo karapat-dapat na hayaang magtiis ang Diyos ng gayong hirap para sa inyong kapakanan. Ang Diyos ay napakadakila. Siya ay lubhang kataas-taasan, at ang mga tao ay napakaaba, ngunit gumagawa pa rin Siya sa kanila. Hindi lamang Siya nagkatawang-tao upang magtustos para sa mga tao, upang magsalita sa mga tao, kundi namumuhay pa Siyang kasama ng mga tao. Masyadong mapagkumbaba ang Diyos, masyadong kaibig-ibig. Kung ikaw, sa sandaling mabanggit ang pag-ibig ng Diyos, sa sandaling mabanggit ang biyaya ng Diyos, ay lumuluha habang bumibigkas ng malaking papuri, kung makarating ka sa kalagayang ito, mayroon kang tunay na kaalaman tungkol sa Diyos.

May paglihis sa paghahangad ng mga tao sa ngayon; hinahangad lamang nilang mahalin at bigyang-kasiyahan ang Diyos, ngunit wala silang anumang kaalaman tungkol sa Diyos, at napabayaang na ang kaliwanagan at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu sa kanilang kalooban. Wala sa kanila ang pundasyon ng tunay na kaalaman tungkol sa Diyos. Sa ganitong paraan, nawawalan sila ng gana habang nagpapatuloy ang kanilang karanasan. Lahat ng naghahangad na magkaroon ng tunay na kaalaman tungkol sa Diyos, bagama't hindi maganda ang kalagayan nila noong nakaraan, at nahilig silang maging negatibo at mahina, at madalas lumuha, nanghina ang loob, at nawalan ng pag-asa—ngayon, habang nagtatamo sila ng iba pang karanasan, gumaganda ang kanilang mga kalagayan. Pagkatapos maranasang maiwasto at basagin, at matapos dumaan sa

isang kabanata ng pagsubok at pagpipino, malaki ang naging pag-unlad nila. Nabawasan ang pagiging negatibo, at nagkaroon ng kaunting pagbabago sa kanilang disposisyon sa buhay. Habang sumasailalim sa iba pang mga pagsubok, unti-unting napapamahal sa puso nila ang Diyos. Mayroong isang patakaran sa pagperpekto ng Diyos sa mga tao, na kung saan nililiwanagan ka Niya sa pamamagitan ng paggamit ng isang kaibig-ibig na bahagi mo upang magkaroon ka ng landas ng pagsasagawa at maihiwalay mo ang sarili mo mula sa lahat ng negatibong kalagayan, na tumutulong mapalaya ang iyong espiritu, at ginagawa kang mas kayang mahalin Siya. Sa ganitong paraan, nagagawa mong iwaksi ang tiwaling disposisyon ni Satanas. Hindi ka maarte at bukas ka, handang kilalanin ang sarili mo at isagawa ang katotohanan. Tiyak na pagpapalain ka ng Diyos, kaya kapag ikaw ay mahina at negatibo, nililiwanagan ka Niya nang doble, tinutulungan kang mas makilala ang sarili mo, maging mas handang magsisi para sa sarili mo, at mas maisagawa ang mga bagay na dapat mong isagawa. Sa ganitong paraan lamang magiging payapa at maginhawa ang iyong puso. Ang isang taong karaniwang nakatuon sa pagkilala sa Diyos, na nakatuon sa pagkilala sa kanyang sarili, na nakatuon sa kanyang sariling pagsasagawa, ay madalas na makatatanggap ng gawain ng Diyos, maging ng Kanyang patnubay at kaliwanagan. Kahit negatibo ang kalagayan ng taong iyon, nagagawa niyang baguhin kaagad ang mga bagay-bagay, tulak man iyon ng budhi o ng kaliwanagan mula sa salita ng Diyos. Ang pagbabago sa disposisyon ng isang tao ay palaging natatamo kapag nalalaman niya ang kanyang sariling tunay na kalagayan at ang disposisyon at gawain ng Diyos. Ang isang taong handang kilalanin ang kanyang sarili at maging bukas ay makakayang isagawa ang katotohanan. Ang ganitong klaseng tao ay isang taong matapat sa Diyos, at ang isang taong matapat sa Diyos ay may pagkaunawa tungkol sa Diyos, malalim man o mababaw ang pagkaunawang ito, kakaunti o sagana. Ito ang katuwiran ng Diyos, at isang bagay ito na natatamo ng mga tao; sarili nilang pakinabang ito. Ang isang taong may kaalaman tungkol sa Diyos ay isa na may batayan, may pananaw. Ang ganitong klaseng tao ay nakatitiyak tungkol sa katawang-tao ng Diyos, at nakatitiyak tungkol sa salita at gawain ng Diyos. Paano man gumagawa o nagsasalita ang Diyos, o paano man nagsasanhi ng kaguluhan ang ibang mga tao, kaya niyang manindigan, at tumayong patotoo para sa Diyos. Kapag lalong ganito ang isang tao, lalo niyang maisasagawa ang katotohanang kanyang nauunawaan. Dahil lagi niyang isinasagawa ang salita ng Diyos, lalo siyang nagtatamo ng kauunawaan sa Diyos, at matatag ang kanyang pasya na tumayong patotoo para sa Diyos magpakailanman.

Ang makahiwatig, makapagpasakop, at magkaroon ng kakayahang maunawaan ang mga bagay-bagay upang ikaw ay maging masigasig sa espiritu ay nangangahulugan na nililiwanagan at tinatanglawan ng mga salita ng Diyos ang iyong kalooban sa sandaling may maranasan kang isang bagay. Ito ay pagiging masigasig sa espirituwal. Lahat ng ginagawa ng Diyos ay para makatulong na muling buhayin ang espiritu ng mga tao. Bakit laging sinasabi ng Diyos na ang mga tao ay manhid at mapurol ang utak? Dahil ang

espiritu ng mga tao ay namatay na, at naging napakamanhid na nila kaya ganap silang walang malay sa mga bagay na espirituwal. Ang gawain ng Diyos ay para paunlarin ang buhay ng mga tao at tumulong na buhayin ang espiritu ng mga tao, para maunawaan nila ang mga bagay na espirituwal, at lagi nilang magawang mahalin ang Diyos sa kanilang puso at bigyang-kasiyahan ang Diyos. Ang pagdating sa yugtong ito ay nagpapakita na ang espiritu ng isang tao ay binuhay nang muli, at sa susunod na may maranasan siyang isang bagay, makakaya niyang tumugon kaagad. Tumutugon siya sa mga sermon, at mabilis na tumutugon sa mga sitwasyon. Ito ang kahulugan ng pagtatamo ng masigasig na espiritu. Maraming taong mabilis tumugon sa nangyayari sa labas, ngunit kapag nabanggit na ang pagpasok sa realidad o mga detalyadong bagay na espirituwal, sila ay nagiging manhid at mapurol ang utak. Nauunawaan lamang nila ang isang bagay kung nakatitig sila rito nang deretsahan. Lahat ng ito ay mga tanda ng pagiging espirituwal na manhid at mapurol ang utak, ng pagkakaroon ng kakaunting karanasan sa mga bagay na espirituwal. Ang ilang tao ay masigasig sa espirituwal at nakakahiwatig. Sa sandaling marinig nila ang mga salitang tumutukoy sa kanilang mga kalagayan, hindi sila nag-aaksaya ng oras sa pagtatala ng mga ito. Kapag narinig nila ang mga salita tungkol sa mga prinsipyo ng pagsasagawa, nagagawa nilang tanggapin at iangkop ang mga iyon sa susunod nilang karanasan, sa gayo'y binabago nila ang kanilang sarili. Ito ay isang taong masigasig sa espirituwal. Bakit nagagawa nilang tumugon nang napakabilis? Dahil nakatuon sila sa mga bagay na ito sa pang-araw-araw na buhay. Kapag nagbabasa sila ng mga salita ng Diyos, nagagawa nilang tingnan ang sarili nilang kalagayan kumpara sa mga ito at magmuni-muni sa kanilang sarili. Kapag naririnig nila ang pagbabahagi at mga sermon at ang mga salitang naghahatid sa kanila ng kaliwanagan at katanglawan, nagagawa nilang tanggapin kaagad ang mga ito. Katulad ito ng pagbibigay ng pagkain sa isang taong gutom; nagagawa nilang kumain kaagad. Kung magbibigay ka ng pagkain sa isang taong hindi gutom, hindi sila ganoon kabilis tumugon. Madalas kang nagdarasal sa Diyos, at pagkatapos ay nagagawa mong tumugon kaagad kapag nakaranas ka ng isang bagay: kung ano ang ipinagagawa ng Diyos sa bagay na ito, at kung paano ka dapat kumilos. Ginabayan ka ng Diyos sa bagay na ito noong huli; kapag naranasan mo ulit ang ganitong klaseng bagay ngayon, natural lang na malalaman mo kung paano magsagawa sa paraang nakasisiya sa puso ng Diyos. Kung lagi kang magsasagawa sa ganitong paraan at lagi kang makakaranas sa ganitong paraan, darating ang oras na magiging madali na ito sa iyo. Kapag nagbabasa ka ng salita ng Diyos, alam mo kung anong uri ng tao ang tinutukoy ng Diyos, alam mo kung anong uri ng mga kundisyon ng espiritu ang Kanyang sinasabi, at nagagawa mong maunawaan ang mahalagang punto at isagawa ito; ipinakikita nito na nagagawa mong makaranas. Bakit nagkukulang ang ilang tao sa bagay na ito? Dahil hindi sila gaanong nagsisikap sa aspeto ng pagsasagawa. Bagama't handa silang isagawa ang katotohanan, wala silang tunay na kabatiran sa mga detalye ng paglilingkod, sa mga detalye ng katotohanan sa kanilang buhay. Nalilito sila kapag may nangyayari. Sa ganitong paraan, maaari kang mailigaw kapag dumating

ang isang bulaang propeta o isang bulaang apostol. Kailangan mong dalasan ang pagbabahaginan tungkol sa mga salita at gawain ng Diyos—sa ganitong paraan mo lamang magagawang unawain ang katotohanan at makahiwatig. Kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan, hindi ka makakahiwatig. Halimbawa, kung ano ang sinasabi ng Diyos, kung paano gumagawa ang Diyos, kung ano ang Kanyang mga hinihingi sa mga tao, kung anong uri ng mga tao ang dapat mong makasalamuha, at kung anong uri ng mga tao ang dapat mong layuan—kailangan mong dalasan ang pagbabahaginan tungkol sa mga bagay na ito. Kung lagi mong nararanasan ang salita ng Diyos sa ganitong paraan, mauunawaan mo ang katotohanan at lubos mong mauunawaan ang maraming bagay, at magkakaroon ka rin ng pagkahiwatig. Ano ang pagdidisiplina ng Banal na Espiritu, ano ang paninising nagmumula sa kalooban ng tao, ano ang patnubay mula sa Banal na Espiritu, ano ang pagsasaayos ng isang kapaligiran, ano ang nililiwanagan ng mga salita ng Diyos sa kalooban? Kung hindi malinaw sa iyo ang mga bagay na ito, hindi ka makakahiwatig. Dapat mong malaman kung ano ang nagmumula sa Banal na Espiritu, ano ang mapanghimagsik na disposisyon, paano sundin ang salita ng Diyos, at paano iwaksi ang sarili mong pagkasuwail; kung may pag-unawa kang bunga ng pagdanas ng mga bagay na ito, magkakaroon ka ng pundasyon; kapag may nangyari, magkakaroon ka ng angkop na katotohanan na maikukumpara dito at ng angkop na mga pananaw bilang pundasyon. Magkakaroon ka ng mga prinsipyo sa lahat ng ginagawa mo, at magagawa mong kumilos ayon sa katotohanan. Sa gayon ay mapupuspos ng kaliwanagan ng Diyos, ng mga pagpapala ng Diyos, ang iyong buhay. Magiging makatarungan ang pagtrato ng Diyos sa sinumang tao na tapat na naghahanap sa Kanya, o isinasabuhay Siya at nagpapatotoo para sa Kanya, at hindi Niya isusumpa ang sinumang tao na tapat na nauuhaw sa katotohanan. Kung, habang ikaw ay kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, nakakatuon ka sa pag-alam sa iyong sariling tunay na kalagayan, sa iyong sariling pagsasagawa, at sa iyong sariling pagkaunawa, kapag nagkaroon ka ng problema, tatanggap ka ng kaliwanagan at magtatamo ng praktikal na pagkaunawa. Sa gayon ay magkakaroon ka ng isang landas ng pagsasagawa at pagkahiwatig sa lahat ng bagay. Ang isang taong nagtataglay ng katotohanan ay malamang na hindi malinlang, malamang na hindi manggulo o magmalabis. Dahil sa katotohanan, siya ay protektado, at dahil din sa katotohanan, nagtatamo siya ng mas maraming pagkaunawa. Dahil sa katotohanan, mas marami siyang landas ng pagsasagawa, mas maraming pagkakataong gawaan ng Banal na Espiritu, at mas maraming pagkakataong maperpekto.

Ang Gawain ng Banal na Espiritu at ang Gawain ni Satanas

Paano dumarating ang isang tao sa pagkaunawa sa mga detalye ng espiritu? Paano gumagawa ang Banal na Espiritu sa tao? Paano gumagawa si Satanas sa tao? Paano gumagawa ang masasamang espiritu sa tao? Anu-ano ang mga pagpapamalas? Kapag may nangyayari sa iyo, ito ba ay nagmumula sa Banal na Espiritu, at dapat mo ba itong sundin o tanggihan? Sa aktwal na pagsasagawa ng mga tao, maraming lumilitaw mula sa kalooban ng tao na palaging pinaniniwalaan ng mga tao na nagmumula sa Banal na Espiritu. Ang ilang bagay ay mula sa masasamang espiritu, ngunit iniisip pa rin ng mga tao na ang mga ito ay nagmula sa Banal na Espiritu, at may mga pagkakataon na ginagabayan ang mga tao ng Banal na Espiritu mula sa loob, ngunit natatakot ang mga tao na ang gayong paggabay ay nagmumula kay Satanas, kaya't hindi sila nangangahas na sumunod, samantalang sa realidad ang paggabay na iyon ay ang pagliliwanag ng Banal na Espiritu. Kaya, maliban na lang kung titingnan ng isang tao ang pagkakaiba, walang paraan na makaranas sa kanyang praktikal na karanasan; kung hindi titingnan ang pagkakaiba, walang paraan ng pagkakamit ng buhay. Paano gumagawa ang Banal na Espiritu? Paano gumagawa ang masasamang espiritu? Ano ang galing sa kalooban ng tao? At ano ang galing sa paggabay at kaliwanagan ng Banal na Espiritu? Kung nauunawaan mo ang mga pagpaparisan ng paggawa ng Banal na Espiritu sa loob ng tao, magagawa mong palaguin ang iyong kaalaman at makikita ang mga pagkakaiba sa iyong pang-araw-araw na buhay at sa panahon ng iyong praktikal na mga karanasan; makikilala mo ang Diyos, magagawa mong maunawaan at mahiwatigan si Satanas; hindi ka malilito sa iyong pagsunod o paghahabol, at ikaw ay magiging isang tao na ang mga iniisip ay malinaw, at siyang sumusunod sa gawain ng Banal na Espiritu.

Ang gawain ng Banal na Espiritu ay isang uri ng maagap na paggabay at positibong kaliwanagan. Hindi nito pinahihintulutan ang mga tao na maging pasibo. Sila ay dinudulutan nito ng kaaliwan, binibigyan sila ng pananampalataya at katatagan, at binibigyang-kakayahan sila na hangaring na gawing perpekto ng Diyos. Kapag gumagawa ang Banal na Espiritu, nagagawa ng mga tao na aktibong pumasok; hindi sila pasibo o napipilitan, kundi kumikilos nang may sariling pagkukusa. Kapag ang Banal na Espiritu ay gumagawa, ang mga tao ay nagagalak at handa, nakahandang sumunod at masaya sa pagpapakumbaba. Bagama't sila ay nasasaktan at marupok sa loob, mayroon silang katatagan na makipagtulungan, nagdurusa sila nang may kagalakan, nagagawa nilang sumunod, at sila ay walang bahid ng kalooban ng tao, walang bahid ng pag-iisip ng tao, at tiyak na walang bahid ng mga pagnanasa at mga motibasyon ng tao. Kapag nararanasan ng mga tao ang gawain ng Banal na Espiritu, sila ay lalo nang banal sa loob. Isinasabuhay niyaong mga nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu ang pag-ibig ng Diyos at ang pag-ibig ng kanilang mga kapatid; nagagalak sila sa mga bagay na ikinagagalak ng Diyos, at kinasusuklaman ang mga bagay na kinasusuklaman ng Diyos.

Ang mga taong inaantig ng gawain ng Banal na Espiritu ay mayroong normal na pagkatao, at patuloy silang naghahangad sa katotohanan at nagtataglay ng pagkatao. Kapag ang Banal na Espiritu ay gumagawa sa loob ng mga tao, ang kanilang kalagayan ay pabuti nang pabuti, at ang kanilang pagkatao ay lalong nagiging normal, at bagama't ang ilan sa kanilang pakikipagtulungan ay maaaring hangal, ang kanilang mga motibasyon ay tama, ang kanilang pagpasok ay positibo, hindi nila tinatangkang makagambala, at walang masamang pag-iisip sa loob nila. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay normal at tunay, ang Banal na Espiritu ay gumagawa sa tao alinsunod sa mga tuntunin ng normal na buhay ng tao, at nagsasakatuparan Siya ng kaliwanagan at paggabay sa loob ng mga tao alinsunod sa aktwal na paghahangad ng normal na mga tao. Kapag ang Banal na Espiritu ay gumagawa sa mga tao, ginagabayan at nililiwanagan Niya sila alinsunod sa mga pangangailangan ng normal na mga tao. Nagkakaloob Siya para sa kanila ayon sa kanilang mga pangangailangan, at positibo Niyang ginagabayan at nililiwanagan sila ayon sa kung ano ang wala sa kanila, at ayon sa kanilang mga kakulangan. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay ang liwanagan at gabayan ang mga tao sa tunay na buhay; kapag nararanasan lamang nila ang mga salita ng Diyos sa kanilang aktwal na buhay saka nila nagagawang makita ang gawain ng Banal na Espiritu. Kung, sa kanilang pang-araw-araw na mga buhay, ang mga tao ay nasa isang positibong kalagayan at mayroong normal na espirituwal na buhay, tinataglay nila ang gawain ng Banal na Espiritu. Sa gayong kalagayan, kapag kinakain nila at iniinom ang mga salita ng Diyos, mayroon silang pananampalataya; kapag sila ay nananalangin, sila ay inspirado; kapag mayroong nangyayari sa kanila, sila ay hindi pasibo; at habang nangyayari ang mga bagay-bagay, nagagawa nilang makita ang mga aral sa mga bagay na iyon na hinihingi sa kanila ng Diyos na matutuhan. Sila ay hindi pasibo o mahina, at bagama't mayroon silang mga tunay na paghihirap, nakahanda silang sundin ang lahat ng pagsasaayos ng Diyos.

Anong mga epekto ang nakakamit ng gawain ng Banal na Espiritu? Maaaring ikaw ay hangal, at maaaring hindi ka nakakahiwatig, ngunit kailangan lamang gumawa ang Banal na Espiritu para magkaroon ka ng pananampalataya, at palagi mong madarama na hindi mo maiibig nang sapat ang Diyos. Magiging handa kang makipagtulungan, gaano man katindi ang mga paghihirap na darating. Ang mga bagay-bagay ay mangyayari sa iyo at hindi magiging malinaw sa iyo kung ang mga ito ay galing sa Diyos o mula kay Satanas, ngunit magagawa mong maghintay, at hindi ka magiging pasibo o walang-ingat. Ito ang normal na gawain ng Banal na Espiritu. Kapag ang Banal na Espiritu ay gumagawa sa loob mo, nakakaranas ka pa rin ng mga tunay na paghihirap: May mga pagkakataon na mapapaluha ka, at may mga pagkakataon na magkakaroon ng mga bagay na hindi mo kayang mapagtagumpayan, ngunit lahat ng ito ay isang yugto lamang ng karaniwang gawain ng Banal na Espiritu. Bagama't hindi mo napagtagumpayan ang mga paghihirap na iyon, at bagama't, sa panahong iyon, ikaw ay mahina at puno ng reklamo, nagawa mo pa rin pagkatapos na ibigin ang Diyos nang may lubos na pananampalataya. Hindi ka mapipigilan ng iyong pagiging pasibo na magkaroon ng mga

normal na karanasan, at anuman ang sinasabi ng ibang tao, at kung paano ka nila inaatake, nagagawa mo pa ring ibigin ang Diyos. Sa panahon ng pananalangin, palagi mong nadarama na sa nakalipas ay masyadong malaki ang pagkakautang mo sa Diyos, at ikaw ay nagpapasya na palugurin ang Diyos at talikdan ang laman tuwing nahaharap kang muli sa gayong mga bagay. Ipinakikita ng kalakasang ito na naroroon ang gawain ng Banal na Espiritu sa loob mo. Ito ang normal na kalagayan ng gawain ng Banal na Espiritu.

Anong gawain ang nagmumula kay Satanas? Sa gawain na nagmumula kay Satanas, ang mga pangitain sa loob ng mga tao ay malabo; ang mga tao ay walang normal na pagkatao, ang mga motibasyon sa likod ng kanilang mga pagkilos ay mali, at bagama't nais nilang ibigin ang Diyos, palaging mayroong mga pagbibintang sa loob nila, at ang mga pagbibintang at mga saloobing ito ay nagsasanhi ng patuloy na panghihimasok sa loob nila, pinipigilan ang paglago ng kanilang buhay at pinahihinto sila sa pagharap sa Diyos sa normal na kalagayan. Na ang ibig sabihin, sa sandaling ang gawain ni Satanas ay nasa loob ng mga tao, ang kanilang mga puso ay hindi kayang maging panatag sa harap ng Diyos. Hindi alam ng gayong mga tao kung ano ang gagawin sa kanilang mga sarili—kapag nakakakita sila ng mga taong sama-samang nagtitipon, nais nilang tumakbo palayo, at hindi nila nagagawang ipikit ang kanilang mga mata kapag nananalangin ang iba. Sinisira ng gawain ng masasamang espiritu ang normal na ugnayan sa pagitan ng tao at ng Diyos, at ginugulo ang dating mga pangitain ng mga tao o ang kanilang dating landas ng pagpasok sa buhay; sa kanilang mga puso hindi nila kailanman kayang mapalapit sa Diyos, at palaging nangyayari ang mga bagay-bagay na nagdudulot ng paggambala sa kanila at gumagapos sa kanila. Ang kanilang mga puso ay hindi kayang makasumpong ng kapayapaan at sila'y iniwan na walang lakas na ibigin ang Diyos at ang kanilang mga espiritu'y lumulubog. Ganoon ang mga pagpapamalas ng gawain ni Satanas. Ang mga pagpapamalas ng gawain ni Satanas ay ang mga sumusunod: hindi kayang manindigan at tumayong saksi, na nagiging sanhi upang ikaw ay maging isang tao na may mali sa harap ng Diyos at yaong walang katapatan sa Diyos. Kapag nanghihimasok si Satanas, naiwawala mo ang pag-ibig at katapatan sa Diyos sa loob mo, ikaw ay tinatanggalan ng isang normal na kaugnayan sa Diyos, hindi mo hinahangad ang katotohanan o ang pag-unlad ng sarili mo; ikaw ay umuurong at nagiging pasibo, nagpapasasa ka, hinahayaan mo ang malayang paglaganap ng kasalanan at hindi namumuhi sa kasalanan; higit pa roon, ginagawa kang napakasama ng panghihimasok ni Satanas; nagiging sanhi ito upang ang pag-antig ng Diyos ay maglaho sa loob mo at itinutulak ka nitong magreklamo tungkol sa Diyos at kalabanin Siya, na umaakay sa iyong mag-alinlangan sa Diyos; mayroon pang panganib na tatalikuran mo ang Diyos. Ang lahat ng ito ay nagmumula kay Satanas.

Kapag mayroong nangyayari sa iyo sa iyong pang-araw-araw na buhay, paano mo dapat alamin kung ito ay mula sa gawain ng Banal na Espiritu o mula sa gawain ni Satanas? Kapag ang mga kalagayan ng mga tao ay normal, ang kanilang mga

espirituwal na buhay at ang kanilang mga buhay sa laman ay normal, at ang kanilang katwiran ay normal at maayos. Kapag sila ay nasa ganitong kalagayan, ang kanilang nararanasan at nalalaman sa loob ng kanilang mga sarili ay masasabi sa pangkalahatan na nagmumula sa pagiging naantig ng Banal na Espiritu (ang pagkakaroon ng mga kabatiran o pagtataglay ng mababaw na kaalaman kapag kinakain at iniinom nila ang mga salita ng Diyos, o pagiging tapat sa ilang bagay, o pagkakaroon ng lakas upang ibigin ang Diyos sa ilang bagay—ang lahat ng ito ay nagmumula sa Banal na Espiritu). Ang gawain ng Banal na Espiritu sa tao ay natatanging normal; ang tao ay walang kakayahan na madama ito, at tila nakikita sa pamamagitan ng tao mismo, bagaman ito sa katunayan ay gawain ng Banal na Espiritu. Sa pang-araw-araw na buhay, ang Banal na Espiritu ay gumagawa kapwa ng malaki at ng maliit na gawain sa bawat isa, at ang lawak lamang ng gawaing ito ang nagkakaiba. Ang ilang tao ay may mahusay na kakayahan, at nauunawaan nila ang mga bagay-bagay nang mabilis, at ang kaliwanagan ng Banal na Espiritu ay talagang matindi sa loob nila. Samantala, ang ilang tao ay may mahinang kakayahan, at mas matagal bago nila maunawaan ang mga bagay-bagay, ngunit inaantig sila ng Banal na Espiritu sa loob at nagagawa rin nila na maging tapat sa Diyos—ang Banal na Espiritu ay gumagawa sa lahat ng taong naghahangad sa Diyos. Kapag, sa pang-araw-araw na buhay, hindi kinakalaban ng mga tao ang Diyos o naghihimagsik laban sa Diyos, hindi gumagawa ng mga bagay na salungat sa pamamahala ng Diyos at hindi nanghihimasok sa gawain ng Diyos, sa bawat isa sa kanila ang Espiritu ng Diyos ay gumagawa sa mas malaki o mas maliit na saklaw; inaantig Niya sila, nililiwanagan sila, binibigyan sila ng pananampalataya, binibigyan sila ng lakas, at pinakikilos sila upang mas maagap na pumasok, hindi maging tamad o mag-imbot sa mga kasiyahan ng laman, maging handang magsagawa ng katotohanan, at nananabik para sa mga salita ng Diyos. Lahat ng ito ay gawain na nagmumula sa Banal na Espiritu.

Kapag ang kalagayan ng mga tao ay hindi normal, sila ay tinatalikdan ng Banal na Espiritu; sa kanilang mga isipan sila ay malamang na magreklamo, ang kanilang mga motibasyon ay mali, sila ay tamad, nagpapasasa sila sa laman, at ang kanilang mga puso ay naghihimagsik laban sa katotohanan. Lahat ng ito ay nagmumula kay Satanas. Kapag ang mga kalagayan ng mga tao ay hindi normal, kapag sila ay madilim sa loob at naiwala na ang kanilang normal na katwiran, napabayaang na ng Banal na Espiritu, at hindi nararamdaman ang Diyos sa loob ng kanilang mga sarili, ito ay kung kailan gumagawa si Satanas sa loob nila. Kung ang mga tao ay palaging mayroong lakas sa loob nila at palaging minamahal ang Diyos, sa pangkalahatan, kapag may mga nangyayari sa kanila, ang mga iyon ay mula sa Banal na Espiritu, at sinumang makatagpo nila, ang pagtatagpo ay ang resulta ng pagsasaayos ng Diyos. Na ang ibig sabihin, kapag ikaw ay nasa isang normal na kalagayan, kapag ikaw ay nasa loob ng dakilang gawain ng Banal na Espiritu, imposible para kay Satanas na gawin kang nag-aalinlangan. Sa saligang ito, masasabi na ang lahat ay nagmumula sa Banal na Espiritu, at bagama't

maaaring mayroon kang hindi tamang mga iniisip, nagagawa mong itakwil ang mga ito at hindi mo sinusunod ang mga ito. Lahat ng ito ay nagmumula sa gawain ng Banal na Espiritu. Sa anong mga sitwasyon nanghihimasok si Satanas? Madali para kay Satanas na gumawa sa loob mo kapag ang iyong mga kalagayan ay hindi normal, kapag ikaw ay hindi pa naaantig ng Diyos at walang paggawa ng Diyos, kapag ikaw ay tuyo at tigang sa loob, kapag ikaw ay nananalangin sa Diyos ngunit walang natatarok na anuman, at kapag kinakain at iniinom mo ang mga salita ng Diyos ngunit hindi naliliwanagan o napapalinaw. Sa ibang pananalita, kapag ikaw ay iniwan na ng Banal na Espiritu at hindi mo nararamdaman ang Diyos, nangyayari sa iyo ang maraming bagay na nagmumula sa tukso ni Satanas. Habang gumagawa ang Banal na Espiritu, si Satanas ay kasabay ring gumagawa. Inaantig ng Banal na Espiritu ang loob ng tao, habang kasabay na nanghihimasok si Satanas sa tao. Gayunpaman, ang gawain ng Banal na Espiritu ang nangunguna, at ang mga tao na normal ang mga kalagayan ay nakapagtatagumpay; ito ang tagumpay ng gawain ng Banal na Espiritu laban sa gawain ni Satanas. Habang gumagawa ang Banal na Espiritu, naroon pa rin ang tiwaling disposisyon sa loob ng mga tao; gayunpaman, sa panahon ng gawain ng Banal na Espiritu, madali para sa mga tao na tuklasin at kilalanin ang kanilang pagkamapanghimagsik, mga motibasyon, at mga karumihan. Saka pa lamang nakakaramdam ang mga tao ng pagsisisi at nagiging handang magsisi. Sa gayon, ang kanilang mapanghimagsik at tiwaling mga disposisyon ay unti-unting naitatakwil sa loob ng gawain ng Diyos. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay natatanging normal; habang Siya ay gumagawa sa mga tao, mayroon pa rin silang mga suliranin, lumuluha pa rin sila, nagdurusa pa rin sila, mahihina pa rin sila, at marami pa rin ang hindi malinaw sa kanila, ngunit sa ganitong kalagayan nagagawa nilang pigilan ang kanilang mga sarili na dumausdos pabalik, at naiibig nila ang Diyos, at bagama't lumuluha sila at nababalisa sa loob, nagagawa pa rin nilang purihin ang Diyos; ang gawain ng Banal na Espiritu ay natatanging normal, at kahit katiting ay hindi higit sa natural. Karamihan sa mga tao ay naniniwala na, sa sandaling magsimulang gumawa ang Banal na Espiritu, ang mga pagbabago ay mangyayari sa kalagayan ng mga tao at ang mahahalagang bagay sa kanila ay tinatanggal. Ang gayong mga paniniwala ay may kamalian. Kapag ang Banal na Espiritu ay gumagawa sa loob ng tao, ang mga pasibong bagay ng tao ay naroroon pa rin at ang kanyang tayog ay nananatiling gaya nang dati, ngunit nakakamit niya ang pagpapalinaw at kaliwanagan ng Banal na Espiritu, at kaya ang kanyang kalagayan ay nagiging mas maagap, ang mga kalagayan sa loob niya ay nagiging normal, at nagbabago siya nang mabilis. Sa mga tunay na karanasan ng mga tao, pangunahin nilang nararanasan ang gawain ng Banal na Espiritu o ni Satanas, at kung hindi nila kayang tarukin ang mga kalagayang ito at hindi inaalam ang pagkakaiba, ang pagpasok sa mga tunay na karanasan ay hindi maaari, lalo pa ang mga pagbabago sa disposisyon. Kaya, ang susi sa pagdanas sa gawain ng Diyos ay ang magawang makilatis ang gayong mga bagay; sa ganitong paraan, mas magiging madali para sa kanila na danasin ito.

Ang gawain ng Banal na Espiritu ay pinahihintulutan ang mga tao na makagawa ng positibong pagsulong, samantalang ang gawain ni Satanas ay ginagawa silang negatibo at umuurong, naghihimagsik sa Diyos at nilalaban Siya, nawawalan ng pananampalataya sa Kanya, at nagiging mahina sa pagganap sa kanilang tungkulin. Lahat ng nagmumula sa kaliwanagan ng Banal na Espiritu ay talagang likas; hindi ito ipinipilit sa iyo. Kung magpapasakop ka rito, magkakaroon ka ng kapayapaan; kung hindi, pupunahin ka pagkatapos. Kapag mayroong kaliwanagan ng Banal na Espiritu, walang anuman sa ginagawa mo ang panghihimasukan o pipigilan; ikaw ay palalayain, magkakaroon ng isang landas sa pagsasagawa sa iyong mga pagkilos, at hindi ka mapapasailalim sa anumang mga pagbabawal, kundi magagawang kumilos ayon sa kalooban ng Diyos. Ang gawain ni Satanas ay nagsasanhi sa iyo ng panghihimasok sa maraming bagay; inaalisan ka nito ng ganang manalangin, ginagawa kang masyadong tamad para kainin at inumin ang mga salita ng Diyos, at walang kagustuhang isabuhay ang buhay ng iglesia, at ihinihiwalay ka nito mula sa espirituwal na buhay. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay hindi nanghihimasok sa iyong pang-araw-araw na buhay at hindi nanghihimasok sa iyong pagpasok sa isang normal na espirituwal na buhay. Hindi mo kayang mahiwatigan ang maraming bagay sa mismong sandaling nangyayari ang mga ito, gayunman, pagkalipas ng ilang araw, mas lumiliwanag ang puso mo at mas lumilinaw ang isipan mo. Nagkakaroon ka ng kaunting pagkaunawa sa mga bagay tungkol sa espiritu, at unti-unti ay nakakaya mong mahiwatigan kung ang isang kaisipan ay nagmumula sa Diyos o mula kay Satanas. Ang ilang bagay ay malinaw na gumagawa sa iyo na tutulan ang Diyos at maghihimagsik laban sa Diyos, o pigilin ka mula sa pagsasagawa ng mga salita ng Diyos; ang mga bagay na ito ay mula lahat kay Satanas. Ang ilang bagay ay hindi kitang-kita, at hindi mo masasabi kung ano ang mga ito sa sandaling iyon; pagkatapos, makikita mo ang kanilang mga palatandaan at pagkatapos ay magsasagawa ng paghiwatig. Kung nahihiwatigan mo nang malinaw kung alin ang mga bagay na mula kay Satanas at alin ang pinapatnubayan ng Banal na Espiritu, hindi ka kaagad-agad maililigaw sa iyong mga karanasan. May mga pagkakataon, kapag hindi mabuti ang iyong kalagayan, na mayroon kang partikular na mga iniisip na nag-aalis sa iyo sa iyong pasibong kalagayan. Ipinakikita nito na kahit na ang iyong kalagayan ay hindi kaaya-aya, ang ilan sa iyong mga iniisip ay maaari pa ring manggaling sa Banal na Espiritu. Hindi ito ang kaso na kapag ikaw ay pasibo, ang lahat ng iyong mga iniisip ay ipinadadala ni Satanas; kung iyan ay totoo, kailan mo magagawang lumipat sa isang positibong kalagayan? Dahil pasibo ka sa loob ng ilang panahon, binibigyan ka ng pagkakataon ng Banal na Espiritu na magawang perpekto; inaantig ka Niya, inaalisan ka sa iyong pasibong kalagayan, at pumapasok ka sa isang normal na kalagayan.

Dahil nalalaman mo kung ano ang gawain ng Banal na Espiritu at kung ano ang gawain ni Satanas, kaya mong ihambing ang mga ito sa iyong sariling kalagayan sa panahon ng iyong mga karanasan, at sa iyong sariling mga karanasan, at sa ganitong paraan magkakaroon ng higit na marami pang katotohanan na may kaugnayan sa

prinsipyo sa iyong mga karanasan. Dahil naunawaan mo na ang mga katotohanang ito tungkol sa prinsipyo, magagawa mong mapamahalaan ang iyong aktwal na kalagayan, magagawa mong makita ang pagkakaiba ng mga tao at ng mga pangyayari, at hindi mo kakailanganing gumugol ng napakatinding pagsisikap para makamit ang gawain ng Banal na Espiritu. Mangyari pa, iyon ay hangga't ang iyong mga motibasyon ay tama, at hangga't ikaw ay nakahandang maghanap at magsagawa. Ang wika na gaya nito—wika na nauugnay sa mga prinsipyo—ay dapat maitampok sa iyong mga karanasan. Kung wala ito, ang iyong mga karanasan ay mapupuno ng panghihimasok ni Satanas at ng hangal na kaalaman. Kung hindi mo nauunawaan kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu, hindi mo nauunawaan kung paano magdasal sa Diyos o kung paano ka dapat pumasok, at kung hindi mo nauunawaan kung paano kumikilos si Satanas para linlangin at hadlangan ang mga tao, hindi mo nalalaman kung paano tatanggihan si Satanas at maninindigan sa iyong patotoo. Kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu at kung paano kumikilos si Satanas ay mga bagay na dapat maunawaan ng mga tao, at mga bagay ito na dapat maranasan sa pananalig ng mga tao sa Diyos.

Isang Babala sa mga Hindi Nagsasagawa ng Katotohanan

Yaong mga kapatid na palaging nagbubulalas ng kanilang pagkanegatibo ay mga utusan ni Satanas, at ginugulo nila ang iglesia. Ang mga taong ito balang araw ay kailangang itiwag at alisin. Sa kanilang paniniwala sa Diyos, kung ang mga tao ay walang pusong nagpipitagan sa Diyos, kung wala silang pusong masunurin sa Diyos, hindi lamang sila hindi makakagawa ng anumang gawain para sa Kanya, kundi bagkus ay magiging mga taong gumagambala sa Kanyang gawain at sumusuway sa Kanya. Ang paniniwala sa Diyos ngunit hindi sumusunod o nagpipitagan sa Kanya, at sa halip ay nilalabanan Siya, ang pinakamalaking kahihyan para sa isang mananampalataya. Kung kaswal lang at walang pagpipigil ang pananalita at pag-uugali ng mga mananampalataya na tulad ng mga hindi mananampalataya, mas masama pa sila kaysa mga hindi mananampalataya; sila ay napakatipikal na mga demonyo. Yaong mga nagbubulalas ng kanilang makamandag at malisyosong pananalita sa loob ng iglesia, na nagkakalat ng mga tsismis, nagpupukaw ng kawalan ng pagkakaisa, at iginugrupo ang mga kapatid—dapat ay natiwalag na sila sa iglesia. Subalit dahil ibang panahon na ngayon ng gawain ng Diyos, hinihigpitan ang mga taong ito, sapagkat walang dudang palalaysin sila. Lahat ng nagawang tiwali ni Satanas ay may mga tiwaling disposisyon. Ang ilan ay walang anumang taglay kundi mga tiwaling disposisyon, samantalang ang iba ay hindi ganito: Hindi lamang sila mayroong mga tiwali at satanikong disposisyon, kundi napakamalisyoso rin ng kanilang likas na pagkatao. Hindi lamang nahahayag sa kanilang mga salita at kilos ang kanilang mga tiwali at satanikong disposisyon; ang mga

taong ito, bukod dito, ang totoong diyablong si Satanas. Ang pag-uugali nila ay nakakaabala at nakakagambala sa gawain ng Diyos, nakakasama ito sa pagpasok ng mga kapatid sa buhay, at nakakasira sa normal na buhay ng iglesia. Sa malao't madali, ang mga lobong ito na nakadamit-tupa ay kailangang mapalayas; hindi dapat kaawaan at tanggapin ang mga utusang ito ni Satanas. Ito lamang ang pumapanig sa Diyos, at yaong mga hindi nakakagawa nito ay nagtatampisaw sa putikan na kasama ni Satanas. Ang Diyos ay palaging nasa puso ng mga taong tunay na naniniwala sa Kanya, at palagi silang may pusong nagpipitagan sa Diyos, isang pusong nagmamahal sa Diyos. Dapat gawin ng mga naniniwala sa Diyos ang mga bagay-bagay nang maingat at masinop, at lahat ng ginagawa nila ay dapat maging alinsunod sa mga kinakailangan ng Diyos at makalugod sa Kanyang puso. Hindi dapat maging matigas ang kanilang ulo, na ginagawa ang anumang gusto nila; hindi iyan nababagay sa banal na kaangkupan. Hindi dapat magwala ang mga tao, na iwinawagayway ang bandila ng Diyos kung saan-saan habang nagyayabang at nanggagantso kahit saan; ito ang pinakasuwail na uri ng pag-uugali. May mga panuntunan ang mga pamilya, at may mga batas ang mga bansa—hindi ba lalo na sa sambahayan ng Diyos? Hindi ba higit na mas mahigpit pa ang mga pamantayan nito? Hindi ba higit na mas marami pa itong atas administratibo? Ang mga tao ay malayang gawin ang gusto nila, ngunit ang mga atas administratibo ng Diyos ay hindi maaaring baguhin kung kailan gustuhin. Ang Diyos ay isang Diyos na hindi nagpapalampas ng kasalanan ng mga tao; Siya ay isang Diyos na nilalagay sila sa kamatayan. Hindi pa ba ito alam talaga ng mga tao?

Bawat iglesia ay may mga taong nagsasanhi ng kaguluhan para sa iglesia o nakikialam sa gawain ng Diyos. Lahat sila ay mga Satanas na nakapasok sa sambahayan ng Diyos nang nakabalatkayo. Ang gayong mga tao ay mahusay umakto: Humaharap sila sa Akin nang may malaking pagpipitagan, nakayuko at kumakayod, umaasal na parang mga asong galisin, at inilalaan ang kanilang “lahat-lahat” para makamtan ang sarili nilang mga layunin—ngunit sa harap ng mga kapatid, ipinapakita nila ang kanilang pangit na panig. Kapag nakakakita sila ng mga taong nagsasagawa ng katotohanan, pinipintasan nila ang mga ito at itinutulak sa isang tabi; kapag nakakakita sila ng mga taong mas nakakatakot kaysa sa kanila, pinupuri at binobola nila ang mga ito. Nagwawala sila sa loob ng iglesia. Masasabi na ang gayong “lokal na mga maton,” ang gayong “mga sipsip,” ay umiiral sa karamihan ng mga iglesia. Sama-sama silang kumikilos nang malademonyo, nagpapahatid ng mga kindat at lihim na senyas sa isa't isa, at walang isa man sa kanila ang nagsasagawa ng katotohanan. Sino man ang may pinakamakamandag na lason ay siyang “punong demonyo,” at sino man ang may pinakamataas na karangalan ay namumuno sa kanila, at iwinawagayway ang kanilang bandila. Naghuhuramentado ang mga taong ito sa loob ng iglesia, nagkakalat ng kanilang pagkanegatibo, bumubulalas ng kamatayan, ginagawa ang gusto nila, sinasabi ang gusto nila, at walang sinumang nangangahas na pigilan sila. Puno sila ng disposisyon ni Satanas. Katatapos pa lamang nilang manggulo ay pumapasok na ang simoy ng

kamatayan sa iglesia. Yaong mga nasa iglesia na nagsasagawa ng katotohanan ay itinataboy, hindi magawang maibigay ang kanilang lahat-lahat, samantalang yaong mga nanggugulo sa iglesia at nagkakalat ng kamatayan ay nagwawala sa loob—bukod pa ryan, karamihan sa mga tao ay sumusunod sa kanila. Ang gayong mga iglesia ay pinamumunuan ni Satanas, walang duda; ang diyablo ang kanilang hari. Kung ang mga nagtitipon ay hindi tumatayo at tumatanggi sa mga punong demonyo, sila rin sa malao't madali ay mawawasak. Mula ngayon, kailangang gumawa ng mga hakbang laban sa gayong mga iglesia. Kung hindi ito hahangarin ng mga may kakayahang magsagawa ng kaunting katotohanan, bubuwagin ang iglesiang iyon. Kung walang sinuman sa isang iglesia ang handang magsagawa ng katotohanan at walang sinumang maaaring tumayong saksi para sa Diyos, dapat ay ihiwalay nang lubusan ang iglesiang iyon, at kailangang putulin ang mga koneksyon nito sa ibang mga iglesia. Tinatawag itong “paglilibing sa kamatayan”; ito ang ibig sabihin ng pagtataboy kay Satanas. Kung may ilang lokal na maton sa isang iglesia, at sinusundan sila ng “maliliit na langaw” na lubos na hindi makaintindi, at kung ang mga nagtitipon, kahit nakita na nila ang katotohanan, ay wala pa ring kakayahang tanggihan ang mga gapos at manipulasyon ng mga maton na ito, lahat ng hangal na iyon ay aalisin sa huli. Maaaring walang nagawang kakila-kilabot ang maliliit na langaw na ito, ngunit mas mapanlinlang pa sila, mas tuso at mahusay umiwas, at lahat ng kagaya nito ay aalisin. Wala ni isang matitira! Yaong mga nabibilang kay Satanas ay ibabalik kay Satanas, samantalang yaong nabibilang sa Diyos ay tiyak na hahanapin ang katotohanan; ipinapasya ito ng kanilang mga likas na pagkatao. Hayaang mapahamak ang lahat ng sumusunod kay Satanas! Walang habag na ipapakita sa gayong mga tao. Hayaan yaong mga naghahanap sa katotohanan na matustusan, at nawa ay masiyahan sila sa salita ng Diyos hangga't nais nila. Ang Diyos ay matuwid; hindi Siya magpapakita ng paboritismo kaninuman. Kung ikaw ay isang diyablo, wala kang kakayahang magsagawa ng katotohanan; kung ikaw ay isang taong naghahanap sa katotohanan, tiyak na hindi ka mabibihag ni Satanas. Walang kaduda-duda iyan.

Ang mga taong hindi nagpupunyaging sumulong ay palaging inaasam na maging negatibo at batugan din ang iba na kagaya nila. Yaong mga hindi nagsasagawa ng katotohanan ay naiinggit sa mga nagsasagawa niyon, at palaging sinusubukang linlangin yaong mga lito ang isipan at hindi makahiwatig. Ang mga bagay na ibinubulalas ng mga taong ito ay maaaring maging dahilan para ikaw ay manghina, dumausdos pababa, magkaroon ng abnormal na kalagayan, at mapuspos ng kadiliman. Nagiging dahilan ito upang mapalayo ka sa Diyos, at itangi mo ang laman at magpakasasa ka sa iyong sarili. Ang mga taong hindi nagmamahal sa katotohanan at laging wala sa loob ang pakikitungo sa Diyos ay walang kaalaman sa sarili, at ang disposisyon ng gayong mga tao ay umaakit sa iba na magkasala at suwayin ang Diyos. Hindi nila isinasagawa ang katotohanan, ni hindi nila tinutulutan ang iba na isagawa ito. Itinatangi nila ang kasalanan at hindi nila kinamumuhian ang kanilang sarili. Hindi nila kilala ang kanilang sarili, at pinipigilan nila ang iba na kilalanin ang kanilang mga sarili; pinipigilan nila ang iba na hangarin ang

katotohanan. Yaong mga nililinlang nila ay hindi nakikita ang liwanag. Nahuhulog sila sa kadiliman, hindi nila kilala ang kanilang sarili, malabo sa kanila ang katotohanan, at napapalayo sila nang napapalayo mula sa Diyos. Hindi nila isinasagawa ang katotohanan at pinipigilan nila ang iba sa pagsasagawa ng katotohanan, at dinadala ang lahat ng hangal na iyon sa kanilang harapan. Sa halip na sabihing naniniwala sila sa Diyos, mas mabuti pang sabihing naniniwala sila sa kanilang mga ninuno, o na ang kanilang pinaniniwalaan ay ang mga diyus-diyusan sa kanilang puso. Ang pinakamabuting gawin ng mga taong nagsasabi na sumusunod sila sa Diyos ay imulat ang kanilang mga mata at tumingin nang husto upang makita kung sino talaga ang pinaniniwalaan nila: Ang Diyos ba talaga ang pinaniniwalaan mo, o si Satanas? Kung alam mo na hindi ang Diyos ang pinaniniwalaan mo, kundi ang sarili mong mga idolo, ang pinakamabuting gawin ay huwag mong sabihin na isa kang mananampalataya. Kung talagang hindi mo alam kung sino ang iyong pinaniniwalaan, muli, ang pinakamabuting gawin ay huwag mong sabihin na isa kang mananampalataya. Ang pagsasabi niyon ay kalapastanganan! Walang sinumang pumipilit sa iyo na maniwala sa Diyos. Huwag ninyong sabihing naniniwala kayo sa Akin; sawa na Ako sa ganyang pananalita, at ayaw Ko nang marinig iyong muli, dahil ang pinaniniwalaan ninyo ay ang mga idolo sa inyong puso at ang lokal na mga maton sa inyo. Lahat ng umiiling kapag naririnig nila ang katotohanan, na ngumingisi kapag nakakarinig sila ng tungkol sa kamatayan, ay mga supling ni Satanas, at sila yaong aalisin. Marami sa iglesia ang hindi makakilala. Kapag may nangyaring isang bagay na mapanlinlang, bigla silang pumapanig kay Satanas; nasasaktan pa sila kapag tinawag silang mga utusan ni Satanas. Bagama't maaaring sabihin ng mga tao na hindi sila makakilala, lagi silang nasa panig na walang katotohanan, hindi sila pumapanig sa katotohanan kailanman sa kritikal na panahon, hindi sila tumatayo at nakikipagtalo kailanman para sa katotohanan. Wala ba talaga silang pagkakilala? Bakit bigla silang pumapanig kay Satanas? Bakit hindi sila nagsasabi kailanman ng isang salitang makatarungan o makatwiran para suportahan ang katotohanan? Talaga bang nangyari ang sitwasyong ito dahil sa panandalian nilang kalituhan? Kapag mas kaunting pagkakilala ang meron ang mga tao, mas hindi nila nagagawang pumanig sa katotohanan. Ano ang ipinapakita nito? Hindi ba nito ipinapakita na gustung-gusto ng mga taong walang pagkakilala ang kasamaan? Hindi ba nito ipinapakita na sila ay matatapat na supling ni Satanas? Bakit ba palagi nilang nagagawang pumanig kay Satanas at magsalitang kagaya nito? Bawat salita at gawa nila, ang mga ekspresyon sa kanilang mga mukha, ay sapat na lahat upang patunayan na hindi sila mga taong nagmamahal sa katotohanan; sa halip, sila ay mga taong namumuhi sa katotohanan. Sapat nang kaya nilang pumanig kay Satanas upang patunayan na talagang mahal ni Satanas ang walang-kuwentang mga diyablong ito na ginugugol ang kanilang buhay sa pakikipaglaban para sa kapakanan ni Satanas. Hindi ba napakalinaw ng lahat ng katotohanang ito? Kung talagang isa kang taong nagmamahal sa katotohanan, bakit wala kang malasakit sa mga nagsasagawa ng katotohanan, at bakit ka sumusunod kaagad sa mga hindi nagsasagawa

ng katotohanan kapag tiningnan ka nila nang bahagya? Anong klaseng problema ito? Wala Akong pakialam kung may pagkakilala ka o wala. Wala Akong pakialam kung malaki ang naisakripisyo mo. Wala Akong pakialam kung malakas ang mga puwersa mo, at wala Akong pakialam kung isa kang lokal na maton o isang lider na tagadala ng bandila. Kung malakas ang mga puwersa mo, dahil lamang iyon sa tulong ng lakas ni Satanas. Kung mataas ang pagkakilala sa iyo, dahil lamang iyon sa napakarami sa paligid mo ang hindi nagsasagawa ng katotohanan. Kung hindi ka pa natitiwalag, dahil iyon sa hindi pa panahon para sa gawain ng pagtitiwalag; sa halip, ito ang panahon para sa gawain ng pag-aalis. Hindi kailangang magmadaling itiwalag ka ngayon. Naghihintay lamang Ako sa pagdating ng araw na iyon na maparusahan kita kapag naalis ka na. Sinumang hindi nagsasagawa ng katotohanan ay maaalis!

Ang mga taong tunay na naniniwala sa Diyos ay yaong mga handang isagawa ang salita ng Diyos at handang isagawa ang katotohanan. Ang mga taong tunay na nagagawang manindigan sa kanilang patotoo sa Diyos ay yaon ding mga handang isagawa ang Kanyang salita at talagang kayang pumanig sa katotohanan. Wala sa lahat ng taong nanloloko at walang katarungan ang katotohanan, at nagdadala silang lahat ng kahihyan sa Diyos. Yaong mga nagsasanhi ng mga alitan sa iglesia ay mga utusan ni Satanas, sila ang sagisag ni Satanas. Ang gayong mga tao ay nakapamalisyo. Lahat ng walang pagkakilala at walang kakayahang pumanig sa katotohanan ay may kimkim na masasamang layon at dinudungisan ang katotohanan. Higit pa ryan, sila ay napakatipikal na mga kinatawan ni Satanas. Hindi na sila matutubos, at natural lamang na aalisin silang lahat. Hindi tinutulutan ng pamilya ng Diyos na manatili ang mga hindi nagsasagawa ng katotohanan, ni hindi nito tinutulutang manatili yaong mga sadyang gumigiba sa iglesia. Gayunman, hindi ito ang panahon para gawin ang gawain ng pagtitiwalag; ilalantad at aalisin lamang ang gayong mga tao sa huli. Wala nang walang-silbing gawaing iuukol sa mga taong ito; yaong mga nabibilang kay Satanas ay hindi kayang pumanig sa katotohanan, samantalang yaong mga naghahanap sa katotohanan ay kayang gawin ito. Ang mga taong hindi nagsasagawa ng katotohanan ay hindi karapat-dapat na marinig ang daan ng katotohanan at hindi karapat-dapat na magpatotoo tungkol sa katotohanan. Ang katotohanan ay hindi talaga para sa kanilang mga pandinig; sa halip, ito ay para sa mga nagsasagawa nito. Bago ibunyag ang katapusan ng bawat tao, yaong mga nanggugulo sa iglesia at nakakaabala sa gawain ng Diyos ay isasantabi muna sa ngayon, upang pakitunguhan kalaunan. Kapag tapos na ang gawain, ilalantad ang bawat isa sa mga taong ito, at pagkatapos ay aalisin sila. Samantala, habang ipinagkakaloob ang katotohanan, hindi sila papansinin. Kapag ibinunyag sa sangkatauhan ang buong katotohanan, dapat maalís ang mga taong iyon; iyon ang panahon kung kailan pagbubukud-bukurin ang lahat ng tao ayon sa kanilang uri. Ang walang-kuwentang mga panloloko ng mga walang pagkakilala ay hahantong sa kanilang pagkawasak sa mga kamay ng masasamang tao, ililigaw sila ng mga ito, at hindi na makakabalik. At gayong pagtrato ang nararapat sa kanila, dahil hindi nila mahal ang katotohanan, dahil

hindi nila kayang pumanig sa katotohanan, dahil sumusunod sila sa masasamang tao at pumapanig sa masasamang tao, at dahil nakikipagsabwatan sila sa masasamang tao at lumalaban sa Diyos. Alam na alam nila na ang mababanaag sa masasamang taong iyon ay kasamaan, subalit pinatitigas nila ang kanilang puso at tinatalikuran ang katotohanan upang sundan ang mga ito. Hindi ba gumagawa ng kasamaan ang lahat ng taong ito na hindi nagsasagawa ng katotohanan kundi gumagawa ng nakakasira at kasuklam-suklam na mga bagay? Bagama't mayroon sa kanila na naghahari-harian at sumusunod naman sa kanila ang iba, hindi ba pare-pareho silang likas na masuwayin sa Diyos? Ano ang ikakatwiran nila para sabihin na hindi sila inililigtas ng Diyos? Ano ang ikakatwiran nila para sabihin na hindi matuwid ang Diyos? Hindi ba ang sarili nilang kasamaan ang sumisira sa kanila? Hindi ba ang sarili nilang pagkasuwail ang humahatak sa kanila pababa sa impiyerno? Ang mga taong nagsasagawa ng katotohanan, sa bandang huli, ay maliligtas at gagawing perpekto dahil sa katotohanan. Yaong mga hindi nagsasagawa ng katotohanan, sa bandang huli, ay maghahatid ng pagkawasak sa kanilang sarili dahil sa katotohanan. Ito ang wakas na naghihintay sa mga nagsasagawa at hindi nagsasagawa ng katotohanan. Pinapayuhan Ko ang mga hindi nagpaplanong isagawa ang katotohanan na lisanin ang iglesia sa lalong madaling panahon upang hindi na makagawa ng mas marami pang kasalanan. Pagdating ng panahon, magiging huli na ang lahat para magsisi. Lalo na, yaong mga naggugrupo-grupo at lumilikha ng pagkakawatak-watak, at yaong mga lokal na maton sa loob ng iglesia, ay kailangang lumisan nang mas maaga. Ang mga taong iyon, na may likas na pagkataong kasingsama ng mga lobo, ay walang kakayahang magbago. Mas mabuti pang lisanin nila ang iglesia sa pinakamaagang pagkakataon, at huwag nang gambalaing muli ang normal na buhay ng mga kapatid kailanman, at sa gayon ay maiwasan nila ang parusa ng Diyos. Makakabuting gamitin ninyong mga sumama na sa kanila ang pagkakataong ito upang magnilay-nilay sa inyong sarili. Lilisanin ba ninyo ang iglesia na kasama ng masasama, o mananatili kayo at susunod nang tapat? Kailangan ninyong pag-isipang mabuti ang bagay na ito. Binibigyan Ko kayo ng isa pang pagkakataon upang pumili, at hinihintay Ko ang inyong kasagutan.

Dapat Mong Panatilihin ang Iyong Katapatan sa Diyos

Paano gumagawa ang Banal na Espiritu sa loob ng iglesia sa ngayon? Mayroon ka bang matatag na pagkaunawa sa tanong na ito? Ano ang pinakamalalaking paghihirap ng iyong mga kapatid? Ano ang pinakakulang sa kanila? Sa kasalukuyan, may ilang tao na negatibo sa gitna ng mga pagsubok, at ang ilan ay nagrereklamo pa. Ang ibang mga tao ay hindi na sumusulong pa sapagkat ang Diyos ay tapos nang magsalita. Ang mga tao ay hindi pa nakapasok sa tamang landas ng paniniwala sa Diyos. Hindi nila kayang mamuhay nang mag-isa, at hindi nila mapanatili ang kanilang sariling espirituwal

na buhay. Ang ilang tao ay sumusunod at nagpapatuloy nang may sigla, at handang magsagawa kapag nagsasalita ang Diyos, ngunit kapag hindi nagsasalita ang Diyos, hindi na sila sumusulong. Hindi pa rin naiintindihan ng mga tao ang kalooban ng Diyos sa kaibuturan ng kanilang puso at wala silang likas na pagmamahal para sa Diyos; noong araw sumunod sila sa Diyos dahil napilitan sila. Ngayon mayroong ilang tao na sawa na sa gawain ng Diyos. Hindi ba nanganganib ang gayong mga tao? Napakaraming taong nabubuhay sa isang kalagayang makaraos lang. Bagama't kumakain at umiinom sila ng mga salita ng Diyos at nagdarasal sa Kanya, ginagawa nila iyon nang walang sigasig, at wala na silang sigla na tulad ng dati. Karamihan sa mga tao ay hindi interesado sa gawain ng pagpipino at pagperpekto ng Diyos, at talagang parang palaging walang sigla ang kanilang kalooban. Kapag nadaraig sila ng mga paglabag, hindi nila nadarama na may utang na loob sila sa Diyos, ni wala silang kamalayan na magsisi. Hindi nila hinahanap ang katotohanan o iniwan ang iglesia, at sa halip ay naghahangad lamang sila ng mga panandaliang kasiyahan. Ang mga taong ito ay hangal, at napakabobo! Pagdating ng panahon, palalayasin silang lahat, at wala ni isa ang maliligtas! Palagay mo ba kung naligtas ang isang tao nang minsan ay palagi na silang ligtas? Puro kalokohan ang paniniwalang iyan! Lahat ng hindi naghahangad na makapasok sa buhay ay kakastiguhin. Karamihan sa mga tao ay lubos na walang interes sa pagpasok sa buhay, sa mga pangitain, o sa pagsasagawa ng katotohanan. Hindi nila hinahangad na makapasok, at tiyak na hindi nila hinahangad na makapasok nang mas malalim. Hindi ba nila sinisira ang kanilang sarili? Sa ngayon, may isang bahagi ng mga tao na ang mga kalagayan ay laging paganda nang paganda. Habang lalong gumagawa ang Banal na Espiritu, lalo silang nagkakaroon ng tiwala; habang lalong nadaragdagan ang kanilang karanasan, lalo nilang nadarama ang malalim na hiwaga ng gawain ng Diyos. Habang nakakapasok sila nang mas malalim, lalo silang nakakaunawa. Nadarama nila na napakadakila ng pag-ibig ng Diyos, at napapanatag at naliliwanagan ang kanilang kalooban. May pagkaunawa sila sa gawain ng Diyos. Sila ang mga taong ginagawaan ng Banal na Espiritu. Sinasabi ng ilang tao: "Bagama't walang mga bagong salita mula sa Diyos, kailangan ko pa ring hangaring lumalim pa ang pagkaalam ko sa katotohanan, kailangan kong maging masigasig tungkol sa lahat ng bagay sa aking aktuwal na karanasan at pumasok sa realidad ng mga salita ng Diyos." Ang ganitong uri ng tao ay nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu. Bagama't hindi ipinakikita ng Diyos ang Kanyang mukha at nakatago Siya mula sa bawat tao, at bagama't hindi Siya bumibigkas ni isang salita at may mga pagkakataon na dumaranas ang mga tao ng kaunting pagpipino ng kalooban, hindi pa lubusang iniwan ng Diyos ang mga tao. Kung hindi mapanatili ng isang tao ang katotohanang dapat nilang isagawa, hindi nila tataglayin ang gawain ng Banal na Espiritu. Sa panahon ng pagpipino, ng hindi pagpapakita ng Diyos ng Kanyang Sarili, kung wala kang tiwala kundi sa halip ay sumusukut-sukot ka, kung hindi ka nakatuon sa pagdanas ng Kanyang mga salita, tumatakas ka mula sa gawain ng Diyos. Kalaunan, isa ka sa mga palalayasin. Yaong mga hindi naghahangad

na makapasok sa salita ng Diyos ay hindi maaaring tumayong saksi para sa Kanya. Ang mga taong nagagawang patotohanan ang Diyos at palugurin ang Kanyang kalooban ay lubos na umaasang lahat sa kanilang siglang hangarin na matamo ang mga salita ng Diyos. Ang gawaing ginagampanan ng Diyos sa mga tao una sa lahat ay upang tulutan silang makamit ang katotohanan; ang paghikayat sa iyo na maghangad ng buhay ay para sa kapakanan ng pagpeperpekto sa iyo, at lahat ng ito ay upang gawin kang angkop na kasangkapanin ng Diyos. Ang iyong hinahangad lamang ngayon ay ang makinig sa mga hiwaga, makinig sa mga salita ng Diyos, magpista ang iyong mga mata, at tumingin sa paligid upang makita kung may anumang bago o uso, at sa gayon ay masiyahan ang iyong pag-uusisa. Kung ito ang layunin sa iyong puso, walang paraan para matugunan mo ang mga hinihiling ng Diyos. Yaong mga hindi naghahangad ng katotohanan ay hindi makakasunod hanggang sa kahuli-hulihan. Sa ngayon, hindi sa walang ginagawa ang Diyos, kundi sa halip ay hindi nakikipagtulungan ang mga tao sa Kanya, dahil sawa na sila sa Kanyang gawain. Nais lamang nilang marinig ang mga salitang binibigkas Niya upang magkaloob ng mga pagpapala, at ayaw nilang makinig sa mga salita ng Kanyang paghatol at pagkastigo. Bakit kaya? Ito ay dahil ang mga pagnanais ng mga tao na magtamo ng mga pagpapala ay hindi pa natutupad at sa gayon ay naging negatibo at mahina sila. Hindi sa sadyang hindi tinutulutan ng Diyos ang mga tao na sundan Siya, ni sadya Siyang nagpapadala ng mga dagok sa sangkatauhan. Ang mga tao ay negatibo at mahina dahil lamang sa ang kanilang mga layunin ay hindi wasto. Ang Diyos ay ang Diyos na nagbibigay ng buhay sa tao, at hindi Niya maaaring dalhin ang tao sa kamatayan. Ang pagiging negatibo, mga kahinaan, at pagbalik ng mga tao sa dati ay pawang sarili nilang kagagawan.

Ang kasalukuyang gawain ng Diyos ay naghahatid sa mga tao ng kaunting pagpipino, at yaon lamang mga nakakayang manindigan kapag tinatanggap nila ang pagpipinong ito ang magkakamit ng pagsang-ayon ng Diyos. Gaano man Niya ikubli ang Kanyang Sarili, sa hindi man pagkibo o hindi paggawa, maaari ka pa ring maghangad nang may sigla. Kahit sinabi ng Diyos na itatakwil ka Niya, susunod ka pa rin sa Kanya. Ito ang pagtayong saksi para sa Diyos. Kung ikukubli ng Diyos ang Kanyang Sarili sa iyo at titigil ka sa pagsunod sa Kanya, pagtayong saksi ba ito para sa Diyos? Kung ang mga tao ay hindi talaga papasok, wala silang aktuwal na tayog, at kapag nakasagupa talaga sila ng isang matinding pagsubok ay matutumba sila. Kapag hindi nagsasalita ang Diyos, o gumagawa nang hindi naaayon sa iyong sariling mga pagkaintindi, bumabagsak ka. Kung kasalukuyang kumikilos ang Diyos ayon sa iyong sariling mga pagkaintindi, kung napapalugod Niya ang iyong kalooban at nagagawa mong manindigan at magpatuloy nang may sigla, ano ang magiging pundasyon ng iyong buhay? Sinasabi Ko na maraming taong nabubuhay sa paraang lubos na umaasa sa pag-uusisa ng tao. Talagang hindi tapat sa puso nila ang maghangad. Lahat ng mga hindi naghahangad na makapasok sa katotohanan kundi umaasa lang sa kanilang pag-uusisa sa buhay ay kasuklam-suklam na mga tao, at nanganganib sila! Ang iba't ibang

klase ng gawain ng Diyos ay isinasagawang lahat upang maperpekto ang sangkatauhan. Gayunman, palaging nag-uusisa ang mga tao, gusto nilang makibalita tungkol sa tsismis, nag-aalala sila tungkol sa mga kasalukuyang nangyayari sa ibang bansa—halimbawa, nag-uusisa sila tungkol sa nangyayari sa Israel, o kung may lindol sa Ehipto—palagi silang naghahanap ng anumang mga bagong bagay para mapalugod ang kanilang makasariling mga pagnanasa. Hindi nila hinahangad ang buhay, ni hindi nila hinahangad na maperpekto. Hinahangad lamang nilang dumating ang araw ng Diyos nang mas maaga upang magkatotoo ang kanilang magandang pangarap at matupad ang kanilang maluluhong pagnanasa. Ang ganitong klaseng tao ay hindi praktikal—sila ay mga taong hindi wasto ang pananaw. Paghahangad lamang sa katotohanan ang pundasyon ng paniniwala ng sangkatauhan sa Diyos, at kung hindi hinahangad ng mga tao na makapasok sa buhay, kung hindi nila hinahangad na mapalugod ang Diyos, sasailalim sila sa kaparusahan. Yaong mga parurusahan ay ang mga hindi pa nagtaglay ng gawain ng Banal na Espiritu sa panahon ng gawain ng Diyos.

Paano dapat makipagtulungan ang mga tao sa Diyos sa yugtong ito ng Kanyang gawain? Kasalukuyang sinusubok ng Diyos ang mga tao. Hindi Siya bumibigkas ni isang salita, kundi ikinukubli Niya ang Kanyang Sarili at hindi Siya tuwirang nakikipag-ugnayan sa mga tao. Sa tingin, mukhang wala Siyang ginagawa, ngunit ang totoo ay gumagawa pa rin Siya sa kalooban ng tao. Sinumang naghahangad na makapasok sa buhay ay mayroong isang pananaw para sa kanilang paghahangad sa buhay, at wala silang mga pag-aalinlangan kahit hindi nila lubos na nauunawaan ang gawain ng Diyos. Sa gitna ng mga pagsubok, kahit kapag hindi mo alam kung ano ang nais gawin ng Diyos at kung anong gawain ang nais Niyang isakatuparan, dapat mong malaman na ang mga layunin ng Diyos para sa sangkatauhan ay palaging mabuti. Kung hahanapin mo Siya nang may isang tapat na puso, hindi ka Niya iiwan kailanman, at sa huli ay tiyak na gagawin ka Niyang perpekto, at dadalhin Niya ang mga tao sa isang angkop na hantungan. Paano man kasalukuyang sinusubok ng Diyos ang mga tao, darating ang araw na maglalaan Siya sa mga tao ng isang angkop na kahirinatnan at bibigyan sila ng angkop na ganti batay sa kanilang nagawa. Hindi aakayin ng Diyos ang mga tao sa isang partikular na punto at pagkatapos ay iwawaksi lang sila at babalewalain. Ito ay dahil ang Diyos ay mapagkakatiwalaan. Sa yugtong ito, ginagawa ng Banal na Espiritu ang gawain ng pagpipino. Pinipino Niya ang bawat tao. Sa mga hakbang ng gawain na itinatag ng pagsubok na kamatayan at ng pagsubok na pagkastigo, ang pagpipino ay isinagawa sa pamamagitan ng mga salita. Para maranasan ng mga tao ang gawain ng Diyos, kailangan muna nilang maunawaan ang Kanyang kasalukuyang gawain at kung paano dapat makipagtulungan ang sangkatauhan. Tunay ngang ito ay isang bagay na dapat maunawaan ng lahat. Anuman ang gawin ng Diyos, pagpipino man iyon o kahit hindi Siya nagsasalita, wala ni isang hakbang ng gawain ng Diyos ang nakaayon sa mga pagkaintindi ng sangkatauhan. Bawat hakbang ng Kanyang gawain ay sumisira at tumatagos sa mga pagkaintindi ng mga tao. Ito ay Kanyang gawain. Ngunit kailangan

mong maniwala na, dahil nakaabot na ang gawain ng Diyos sa isang tiyak na yugto, hindi Niya papatayin ang buong sangkatauhan anuman ang mangyari. Nagbibigay Siya kapwa ng mga pangako at mga pagpapala sa sangkatauhan, at lahat niyaong sumusunod sa Kanya ay makakamtan ang Kanyang mga pagpapala, ngunit yaong mga hindi ay aalisin ng Diyos. Nakasalalay ito sa iyong paghahangad. Ano't anuman ang mangyari, kailangan mong maniwala na kapag nagwakas na ang gawain ng Diyos, bawat tao ay magkakaroon ng isang angkop na hantungan. Ang Diyos ay naglaan sa sangkatauhan ng magagandang pangarap, ngunit kung walang paghahangad ay hindi makakamit ang mga ito. Dapat mo nang magawang makita ito ngayon—ang pagpipino at pagkastigo ng Diyos sa mga tao ay Kanyang gawain, ngunit para sa mga tao, kailangan nilang hangaring baguhin ang kanilang disposisyon sa lahat ng oras. Sa iyong praktikal na karanasan, kailangan mo munang malaman kung paano kumain at uminom ng mga salita ng Diyos; kailangan mong hanapin sa Kanyang mga salita kung ano ang dapat mong pasukin at ang sarili mong mga pagkukulang, dapat mong hangaring makapasok sa iyong praktikal na karanasan, at kunin ang bahagi ng mga salita ng Diyos na dapat isagawa at subukang gawin iyon. Ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos ay isang aspeto. Bukod pa rito, ang buhay ng iglesia ay kailangan ding panatilihin, kailangan mong magkaroon ng isang normal na espirituwal na buhay, at kailangan mong magawang iabot sa Diyos ang lahat ng iyong kasalukuyang kalagayan. Paano man magbago ang Kanyang gawain, dapat manatiling normal ang iyong espirituwal na buhay. Mapapanatili ng isang espirituwal na buhay ang iyong normal na pagpasok. Anuman ang gawain ng Diyos, dapat ay ipagpatuloy mo ang iyong espirituwal na buhay nang walang gambala at gampanan mo ang iyong tungkulin. Ito ang dapat gawin ng mga tao. Ito ay gawaing lahat ng Banal na Espiritu, ngunit samantalang para sa mga may normal na kalagayan ito ay pagpeperpekto, para sa mga may abnormal na kalagayan ito ay isang pagsubok. Sa kasalukuyang yugto ng gawaing pagpipino ng Banal na Espiritu, sinasabi ng ilang tao na napakadakila ng gawain ng Diyos at na talagang kailangan ng mga tao ng pagpipino, kung hindi ay magiging napakababa ng kanilang tayog at wala silang magiging paraan para masunod ang kalooban ng Diyos. Gayunman, para sa mga yaon na hindi maganda ang kalagayan, nagiging dahilan ito upang hindi sundan ang Diyos, at dahilan upang huwag dumalo sa mga pagtitipon o kumain at uminom ng salita ng Diyos. Sa gawain ng Diyos, anuman ang gawin Niya o anumang mga pagbabago ang gawin Niya, kailangang panatilihin ng mga tao ang isang normal na espirituwal na buhay. Marahil ay hindi ka naging maluwag sa kasalukuyang yugtong ito ng iyong espirituwal na buhay, ngunit wala ka pa ring gaanong natamo, at wala kang gaanong napala. Sa ganitong klaseng mga sitwasyon, kailangan mo pa ring sundin ang mga patakarang; kailangan mong sundin ang mga patakarang ito upang hindi ka mawalan sa iyong buhay at mapalugod mo ang kalooban ng Diyos. Kung abnormal ang iyong espirituwal na buhay, hindi mo mauunawaan ang kasalukuyang gawain ng Diyos, at sa halip ay palagi mong madarama na ito ay lubos na hindi kaayon ng iyong mga

kuru-kuro, at bagama't handa kang sundan Siya, wala kang sigla ng kalooban. Kaya, anuman ang kasalukuyang ginagawa ng Diyos, kailangang makipagtulungan ang mga tao. Kung hindi makikipagtulungan ang mga tao, hindi magagawa ng Banal na Espiritu ang Kanyang gawain, at kung wala sa puso ng mga tao ang makipagtulungan, mahihirapan silang makamit ang gawain ng Banal na Espiritu. Kung nais mong taglayin ang gawain ng Banal na Espiritu sa iyong kalooban, at kung nais mong makamit ang pagsang-ayon ng Diyos, kailangan mong panatilihin ang iyong orihinal na katapatan sa harap ng Diyos. Ngayon, hindi mo kailangang magkaroon ng mas malalim na pag-unawa, mas mataas na teorya, o iba pang gayong mga bagay—ang kailangan lamang ay pagtibayin mo ang salita ng Diyos sa orihinal na pundasyon. Kung hindi nakikipagtulungan ang mga tao sa Diyos at hindi naghahangad ng mas malalim na pagpasok, kukunin ng Diyos ang lahat ng bagay na dating kanila. Sa kanilang kalooban, palaging sakim ang mga tao sa kariwasaan at mas gustong tamasahin kung ano ang nariyan na. Nais nilang makamit ang mga pangako ng Diyos nang walang anumang kapalit. Ito ang maluluhong ideyang isinasalob ng sangkatauhan. Ang pagkakamit ng buhay mismo nang walang anumang kapalit—ngunit mayroon bang anumang bagay na naging ganito kadali? Kapag ang isang tao ay naniniwala sa Diyos at naghahangad na pumasok sa buhay at naghahangad ng pagbabago sa kanilang disposisyon, kailangan nilang magbayad ng halaga at matamo ang isang kalagayan kung saan palagi nilang susundin ang Diyos, anuman ang Kanyang gawin. Ito ay isang bagay na kailangang gawin ng mga tao. Kahit sundin mo ang lahat ng ito bilang isang patakaran, kailangan mong laging panindigan ito, at gaano man katindi ang mga pagsubok, hindi mo maaaring bitiwang ang iyong normal na kaugnayan sa Diyos. Dapat mong magawang manalangin, mapanatili ang iyong buhay-iglesia, at hindi iwanan kailanman ang iyong mga kapatid. Kapag sinubok ka ng Diyos, dapat mo pa ring hanapin ang katotohanan. Ito ang pinakamaliit na kinakailangan para sa isang espirituwal na buhay. Ang palaging naising maghangad, at sikaping makipagtulungan, gamitin ang lahat ng iyong lakas—magagawa ba ito? Kung gagawin itong pundasyon ng mga tao, magkakaroon sila ng paghiwatig at pagpasok sa realidad. Madaling tanggapin ang salita ng Diyos kapag ang iyong sariling kalagayan ay normal; sa ganitong mga sitwasyon parang hindi mahirap isagawa ang katotohanan, at nadarama mo na dakila ang gawain ng Diyos. Ngunit kung hindi maganda ang iyong kalagayan, gaano man kadakila ang gawain ng Diyos at gaano man kagandang magsalita ang isang tao, hindi mo papansinin. Kapag ang kalagayan ng isang tao ay abnormal, hindi makakagawa sa kanila ang Diyos, at hindi nila mababago ang kanilang disposisyon.

Kung ang mga tao ay walang anumang tiwala, hindi madali para sa kanila na magpatuloy sa landas na ito. Nakikita ng lahat ngayon na ang gawain ng Diyos ay hindi umaayon sa mga kuru-kuro at imahinasyon ng mga tao kahit kaunti. Napakarami nang nagawa ng Diyos at bumigkas na Siya ng napakaraming salita, at bagamat maaaring kilalanin ng mga tao na ang mga ito ay ang katotohanan, malamang pa ring lumitaw sa

kanila ang mga kuru-kuro tungkol sa Diyos. Kung nais ng mga tao na maunawaan ang katotohanan at makamit ito, dapat silang magkaroon ng tiwala at determinasyon na manindigan sa nakita na nila at sa natutuhan na nila mula sa kanilang mga karanasan. Anuman ang gawin ng Diyos sa mga tao, kailangan nilang panindigan ang taglay nila mismo, maging taos sa harap ng Diyos, at manatiling tapat sa Kanya hanggang sa pinakahuli. Ito ang tungkulin ng sangkatauhan. Kailangang panindigan ng mga tao yaong dapat nilang gawin. Kinakailangan sa paniniwala sa Diyos ang pagsunod sa Kanya at pagdanas ng Kanyang gawain. Napakalaki ng nagawa ng Diyos—masasabi na para sa mga tao lahat ng ito ay pagpeperpekto, pagpipino, at bukod pa rito, pagkastigo. Wala pa ni isang hakbang ng gawain ng Diyos na nakaayon sa mga pagkaintindi ng tao; ang natamasa ng mga tao ay ang mababagsik na salita ng Diyos. Kapag pumarito ang Diyos, dapat matamasa ng mga tao ang Kanyang kamahalan at Kanyang poot. Gayunman, gaano man kabagsik ang Kanyang mga salita, pumarito Siya para iligtas at gawing perpekto ang sangkatauhan. Bilang mga nilalang, dapat tuparin ng mga tao ang mga tungkuling dapat nilang tuparin, at tumayong saksi para sa Diyos sa gitna ng pagpipino. Sa bawat pagsubok dapat nilang panindigan ang pagpapatotoong dapat nilang gawin, at gawin iyon nang lubhang matunog para sa Diyos. Ang isang taong gumagawa nito ay isang mananagumpay. Paano ka man pinuhin ng Diyos, nananatili kang puno ng tiwala at hindi nawawalan ng tiwala sa Kanya. Ginagawa mo ang dapat gawin ng tao. Ito ang hinihingi ng Diyos sa tao, at dapat magawa ng puso ng tao na lubos na bumalik at bumaling sa Kanya sa bawat sandaling lumilipas. Ito ay isang mananagumpay. Yaong mga tinutukoy ng Diyos na mga “mananagumpay” ay yaong mga nagagawa pang tumayong saksi at mapanatili ang kanilang tiwala at katapatan sa Diyos kapag nasa ilalim sila ng impluwensya ni Satanas at nilulusob ni Satanas, ibig sabihin, kapag nasa gitna sila ng mga puwersa ng kadiliman. Kung nagagawa mo pa ring magpanatili ng isang dalisay na puso sa harap ng Diyos at ng tunay na pagmamahal para sa Diyos anuman ang mangyari, ikaw ay tumatayong saksi sa harap ng Diyos, at ito ang tinutukoy ng Diyos na pagiging isang “mananagumpay.” Kung napakaganda ng iyong paghahangad kapag pinagpapala ka ng Diyos, ngunit umuuring ka kapag wala ang Kanyang mga pagpapala, kadalisayan ba ito? Yamang nakatitiyak ka na ang landas na ito ay totoo, kailangan mo itong sundan hanggang sa dulo; kailangan mong panatilihin ang iyong katapatan sa Diyos. Yamang nakita mo na ang Diyos Mismo ay naparito sa lupa upang gawin kang perpekto, dapat mong ibigay nang lubusan ang iyong puso sa Kanya. Kung masusundan mo pa rin Siya anuman ang Kanyang gawin, magpasya man Siya ng isang hindi kaaya-ayang kahihinatnan para sa iyo sa pinakadulo, ito ay pagpapanatili ng iyong kadalisayan sa harap ng Diyos. Ang pag-aalay ng isang banal na espirituwal na katawan at isang dalisay na birhen sa Diyos ay nangangahulugan ng pagpapanatili ng isang pusong taos sa harap ng Diyos. Para sa sangkatauhan, ang katapatan ay kadalisayan, at ang kakayahang maging taos sa Diyos ay pagpapanatili ng kadalisayan. Ito ang dapat mong isagawa. Kapag dapat kang manalangin, manalangin

ka; kapag dapat kang makitipon sa pagbabahagi, gawin mo iyon; kapag dapat kang umawit ng mga himno, umawit ka ng mga himno; at kapag dapat mong talikdan ang laman, talikdan mo ang laman. Kapag ginagampanan mo ang iyong tungkulin, hindi ka natataranta; kapag nahaharap ka sa mga pagsubok naninindigan ka. Ito ang katapatan sa Diyos. Kung hindi mo paninindigan ang dapat gawin ng mga tao, lahat ng dati mong pinagdusahan at pinagpasyahan ay nawalan ng saysay.

Sa bawat hakbang ng gawain ng Diyos, may isang paraan na dapat makipagtulungan ang mga tao. Pinipino ng Diyos ang mga tao upang magkaroon sila ng pagtitiwala sa gitna ng mga pagpipino. Ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao upang magkaroon sila ng pagtitiwala na gawing perpekto ng Diyos at maging handang tanggapin ang Kanyang mga pagpipino at ang pakikitungo at pagtatabas ng Diyos. Gumagawa ang Espiritu ng Diyos sa mga tao upang bigyan sila ng kaliwanagan at pagpapalinaw, at upang makipagtulungan sila sa Kanya at magsagawa. Ang Diyos ay hindi nagsasalita sa mga oras ng pagpipino. Hindi Niya ipinaparinig ang Kanyang tinig, ngunit mayroon pa ring gawaing dapat gawin ang mga tao. Dapat mong panindigan ang natamo mo na, dapat mo pa ring magawang manalangin sa Diyos, maging malapit sa Diyos, at tumayong saksi sa harap ng Diyos; sa ganitong paraan magagampanan mo ang iyong tungkulin. Dapat makita ninyong lahat nang malinaw mula sa gawain ng Diyos na kinakailangan sa Kanyang mga pagsubok sa tiwala at pagmamahal ng mga tao na lalo pa silang manalangin sa Diyos, at na mas madalas nilang lasapin ang mga salita ng Diyos sa Kanyang harapan. Kung nililiwanagan ka ng Diyos at ipinaunawa sa iyo ang Kanyang kalooban, subalit hindi mo isinasagawa ang anuman dito, wala kang mapapala. Kapag isinasagawa mo ang mga salita ng Diyos, dapat ay magawa mo pa ring manalangin sa Kanya, at kapag nilalasap mo ang Kanyang mga salita dapat kang humarap sa Kanya at maghangad at maging buo ang iyong tiwala sa Kanya, nang walang bahid ng pananamlay o panlalamig. Yaong mga hindi nagsasagawa ng mga salita ng Diyos ay masiglang-masigla sa mga oras ng pagtitipon, ngunit nagdidilim ang mundo pagkauwi nila. Mayroong ilan na ni ayaw magtipun-tipon. Kaya, kailangan mong makita nang malinaw kung anong tungkulin ang dapat tuparin ng mga tao. Maaaring hindi mo alam kung ano talaga ang kalooban ng Diyos, ngunit maaari mong gampanan ang iyong tungkulin, maaari kang manalangin kung kailan nararapat, maaari mong isagawa ang katotohanan kung kailan nararapat, at maaari mong gawin ang nararapat gawin ng mga tao. Maaari mong panindigan ang iyong orihinal na pananaw. Sa ganitong paraan, mas magagawa mong tanggapin ang susunod na hakbang ng gawain ng Diyos. Kapag tago ang paraan ng paggawa ng Diyos, problema iyan kung hindi ka maghahanap. Kapag Siya ay nagsasalita at nangangaral sa oras ng mga pagpupulong, masigasig kang nakikinig, ngunit kapag hindi Siya nagsasalita, wala kang sigla at umuurong ka. Anong klaseng tao ang kumikilos nang ganito? Ito ay isang taong sumusunod lamang sa karamihan. Wala silang paninindigan, walang patotoo, at walang pananaw! Ganito ang karamihan sa mga tao. Kung magpapatuloy ka sa gayong paraan, balang araw kapag

nagkaroon ka ng matinding pagsubok, babagsak ka sa kaparusahan. Ang pagkakaroon ng paninindigan ay napakahalaga sa proseso ng pagperpekto ng Diyos sa mga tao. Kung wala kang duda sa anumang hakbang ng gawain ng Diyos, kung ginagampanan mo ang tungkulin ng tao, kung tapat mong pinaninindigan ang ipinagagawa sa iyo ng Diyos, ibig sabihin, natatandaan mo ang mga payo ng Diyos, at anuman ang Kanyang gawin sa kasalukuyan ay hindi mo kinalilimutan ang Kanyang mga payo, kung wala kang duda tungkol sa Kanyang gawain, nananatili kang naninindigan, pinaninindigan mo ang iyong patotoo, at tagumpay ka sa lahat ng pagkakataon, sa bandang huli ay gagawin kang perpekto ng Diyos at gagawin kang isang mananagumpay. Kung nagagawa mong manindigan sa bawat hakbang ng mga pagsubok ng Diyos, at kung kaya mo pa ring manindigan hanggang sa pinakahuli, ikaw ay isang mananagumpay, isa kang taong nagawa nang perpekto ng Diyos. Kung hindi mo kayang manindigan sa kasalukuyan mong mga pagsubok, mas mahihirapan ka sa hinaharap. Kung sasailalim ka lamang sa kakaunting pagdurusa at hindi mo hahangaring matamo ang katotohanan, wala kang mapapala sa huli. Maiiwan kang walang-wala. May ilang tao na isinusuko ang kanilang paghahangad kapag nakikita nila na hindi nagsasalita ang Diyos, at nawiwindang ang kanilang puso. Hindi ba hangal ang gayong tao? Ang ganitong klaseng mga tao ay walang realidad. Kapag nagsasalita ang Diyos, hindi sila mapakali, mukhang abala at masigla sa tingin, ngunit ngayong hindi Siya nagsasalita, tumitigil silang maghanap. Ang ganitong klaseng tao ay walang kinabukasan. Sa mga oras ng pagpipino, kailangang pumasok ka mula sa isang positibong pananaw at matuto ng mga aral na dapat mong matutuhan; kapag nagdarasal ka sa Diyos at nagbabasa ng Kanyang salita, dapat mong ihambing ang sarili mong kalagayan dito, tuklasin ang iyong mga pagkukulang, at makita na marami ka pang aral na dapat matutuhan. Habang lalong nagiging taimtim ang iyong paghahanap kapag sumasailalim ka sa pagpipino, lalo mong masusumpungan na may pagkukulang ka. Kapag dumaranas ka ng mga pagpipino, marami kang nakakaharap na problema; hindi mo nakikita nang malinaw ang mga ito, nagrereklamo ka, ibinubunyag mo ang iyong sariling laman—sa pamamagitan lamang nito mo matutuklasan na napakarami mong tiwaling disposisyon sa iyong kalooban.

Kulang ang kakayahan ng mga tao at hindi sila tumutugon sa mga pamantayan ng Diyos, baka nga mas kailangan pa nila ng tiwala upang tumahak sa landas na ito sa hinaharap. Ang gawain ng Diyos sa mga huling araw ay nangangailangan ng malaking tiwala, tiwalang mas malaki pa kaysa kay Job. Kung walang tiwala, hindi magagawang magpatuloy ng mga tao na magkaroon ng karanasan at hindi rin sila magagawang perpekto ng Diyos. Pagdating ng panahon ng matitinding pagsubok, magkakaroon ng mga tao na aalis ng mga iglesia—ang ilan ay dito, ang ilan ay doon. Magkakaroon ng ilan na medyo maganda naman ang nagawa sa kanilang paghahangad sa nakaraang mga araw at hindi magiging malinaw kung bakit hindi na sila naniniwala. Maraming bagay ang mangyayari na hindi mo mauunawaan, at hindi maghahayag ang Diyos ng anumang mga tanda o hiwaga, ni gagawa ng anumang higit sa karaniwan. Ito ay upang

makita kung kaya mong manindigan—ang Diyos ay gumagamit ng mga katotohanan upang pinuhin ang mga tao. Hindi ka pa gaanong nagdusa. Sa hinaharap kapag dumating ang matitinding pagsubok, sa ilang lugar ay aalis ang bawat tao sa iglesia, at yaong mga nakapalagayan mo na ng loob ay aalis at tatalikuran ang kanilang pananampalataya. Magagawa mo bang manindigan sa panahong iyon? Hanggang ngayon, ang mga pagsubok na iyong nakaharap ay maliliit lamang, at marahil ay halos hindi mo na nagawang tiisin ang mga iyon. Kabilang sa hakbang na ito ang mga pagpipino at pagpeperpekto sa pamamagitan lamang ng mga salita. Sa susunod na hakbang, ang mga katotohanan ay darating sa iyo upang pinuhin ka, at pagkatapos ay mamemeligro ka. Kapag talagang naging seryoso na iyon, papayuhan ka ng Diyos na magmadali at umalis, at tatangkain ng mga relihiyosong tao na akitin kang sumama sa kanila. Ito ay upang makita kung kaya mong magpatuloy sa landas, at lahat ng bagay na ito ay mga pagsubok. Ang kasalukuyang mga pagsubok ay maliliit, ngunit darating ang araw na magkakaroon ng mga tahanan kung saan ang mga magulang ay hindi na naniniwala, at magkakaroon ng ilan kung saan ang mga anak ay hindi na naniniwala. Magagawa mo pa bang magpatuloy? Habang lalo kang sumusulong, lalong titindi ang iyong mga pagsubok. Isinasagawa ng Diyos ang Kanyang gawaing pinuhin ang mga tao ayon sa kanilang mga pangangailangan at sa kanilang tayog. Sa yugto ng pagpeperpekto ng Diyos sa sangkatauhan, imposibleng patuloy na lumaki ang bilang ng mga tao—liliit lamang ito. Sa pamamagitan lamang ng mga pagpipinong ito magagawang perpekto ang mga tao. Ang pakikitungo, pagdidisiplina, pagsubok, pagkastigo, pagsumpa—kaya mo bang tiisin ang lahat ng ito? Kapag nakakakita ka ng isang iglesia na partikular na maganda ang sitwasyon, kung saan lahat ng kapatid ay naghahangad nang may matinding sigla, ikaw mismo ay nahihikayat. Kapag dumating ang araw na nakaalis na silang lahat, ang ilan sa kanila ay hindi na naniniwala, ang ilan ay umalis na upang magnegosyo o mag-asawa, at ang ilan ay umanib na sa relihiyon; magagawa mo bang manindigan sa panahong iyon? Magagawa mo bang panatilihin hindi naaapektuhan ang iyong kalooban? Ang pagpeperpekto ng Diyos sa sangkatauhan ay hindi isang napakasimpleng bagay! Siya ay gumagamit ng maraming bagay upang pinuhin ang mga tao. Ang tingin ng mga tao rito ay mga pamamaraan, ngunit sa orihinal na layunin ng Diyos ay ni hindi man lang mga pamamaraan ang mga ito, kundi mga katotohanan. Sa huli, kapag napino na Niya ang mga tao kahit paano at wala na silang anumang mga reklamo, ang yugtong ito ng Kanyang gawain ay makukumpleto. Ang dakilang gawain ng Banal na Espiritu ay ang gawin kang perpekto, at kapag hindi Siya gumagawa at ikinukubli ang Kanyang Sarili, iyon ay higit na para sa layunin ng pagpeperpekto sa iyo, at sa ganitong partikular na paraan makikita kung may pagmamahal ang mga tao sa Diyos, kung may tunay na tiwala sila sa Kanya. Kapag ang Diyos ay nagsasalita nang malinaw, hindi mo na kailangang maghanap; kapag nakakubli Siya, saka mo lamang kailangang maghanap at mangapa. Dapat mong magawang gampanan ang tungkulin ng isang nilalang, at anuman ang kahinatnan mo sa hinaharap at ang iyong hantungan,

dapat mong magawang maghangad ng kaalaman at pagmamahal sa Diyos sa mga taon ng iyong buhay, at paano ka man tratuhin ng Diyos, dapat mong magawang iwasan na magreklamo. May isang kondisyon para gumawa ang Banal na Espiritu sa kalooban ng mga tao. Kailangan nilang mauhaw at maghangad at hindi mawalan ng sigla o magduda tungkol sa mga kilos ng Diyos, at kailangan nilang magawang panindigan ang kanilang tungkulin sa lahat ng oras; sa ganitong paraan lamang nila makakamit ang gawain ng Banal na Espiritu. Sa bawat hakbang ng gawain ng Diyos, ang kinakailangan sa sangkatauhan ay malaking tiwala at pagharap sa Diyos upang maghangad—sa pamamagitan lamang ng karanasan matutuklasan ng mga tao kung gaano kaibig-ibig ang Diyos at kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu sa mga tao. Kung hindi ka daranas, kung hindi ka mangangapa, kung hindi ka maghahangad, wala kang mapapala. Kailangan mong mangapa sa pamamagitan ng iyong mga karanasan, at sa pamamagitan lamang ng iyong mga karanasan mo makikita ang mga kilos ng Diyos at makikilala ang Kanyang pagiging kamangha-mangha at mahiwaga.

Ikaw Ba ay Isang Taong Nabuhay Na?

Saka ka lamang gagawing perpekto kapag naiwaksi mo na ang iyong mga tiwaling disposisyon at naisabuhay ang normal na pagkatao. Bagama't hindi mo makakayang mangusap ng propesiya, ni ng anumang mga hiwaga, isasabuhay at ilalantad mo ang larawan ng isang tao. Nilikha ng Diyos ang tao, ngunit ginawang tiwali ni Satanas ang tao, kung kaya't naging “mga taong patay” sila. Kaya, matapos kang magbago, hindi ka na magiging tulad nitong “mga taong patay.” Ang mga salita ng Diyos ang nagpapaalab sa mga espiritu ng mga tao at nagdudulot ng kanilang muling pagkasilang, at kapag muling isinilang ang mga espiritu nila, nabuhay na sila. Kapag binabanggit Ko ang “mga taong patay,” tinutukoy ko ang mga walang espiritong bangkay, ang mga taong namatay na ang mga espiritu sa loob nila. Kapag nagningas ang apoy ng buhay sa mga espiritu ng mga tao, mabubuhay ang mga tao. Ang mga banal na tinukoy noon ay ang mga taong nabuhay na, yaong mga nasa ilalim ng impluwensya ni Satanas ngunit tinalo si Satanas. Napagtiisan ng mga hinirang na tao sa Tsina ang malupit at di-makataong pag-uusig at panlilinlang ng malaking pulang dragon, na iniwan silang napinsala ang isip at wala ni katiting na lakas ng loob upang mabuhay. Sa gayon, dapat magsimula ang pagpukaw ng kanilang mga espiritu sa kanilang diwa: Unti-unti, sa kanilang diwa, dapat mapukaw ang kanilang mga espiritu. Kapag nabuhay na sila balang araw, wala nang magiging mga sagabal pa, at magpapatuloy ang lahat nang maayos. Sa ngayon, nananatili itong hindi matatamo. Nabubuhay ang karamihan ng mga tao sa paraan na nagbibigay ng labis na pagkaramdam ng kamatayan; nababalot sila ng aura ng kamatayan, at napakarami nilang kakulangan. May dalang kamatayan ang mga salita ng ilang tao, may dalang kamatayan ang kanilang pagkilos, at halos lahat ng dala nila sa paraan ng

pamumuhay nila ay mayroong kamatayan. Kung hayagang magpapatotoo sa Diyos ang mga tao ngayon, mabibigo sila rito, dahil hindi pa sila ganap na nabubuhay, at masyadong marami ang mga patay sa inyo. Ngayon, nagtatanong ang ilang tao kung bakit hindi nagpapakita ng ilang mga tanda at mga kababalaghan ang Diyos upang mabilis Niyang maipalaganap ang Kanyang gawain sa mga Hentil. Hindi maaaring magpatotoo sa Diyos ang mga patay; isang bagay ito na tanging ang mga buhay lang ang makakagawa, gayunpaman, karamihan ng mga tao ngayon ay “mga taong patay”; masyadong marami ang namumuhay na balot ng kamatayan, sa ilalim ng impluwensya ni Satanas, at hindi kayang magtagumpay. Dahil dito, paano sila makapagpapatotoo sa Diyos? Paano nila maipalalaganap ang gawain ng ebanghelyo?

Ang lahat ng namumuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman ay yaong mga namumuhay sa gitna ng kamatayan, yaong mga inangkin ni Satanas. Kung hindi iniligtas, hinatulan, at kinastigo ng Diyos, hindi makakatakas ang mga tao sa impluwensya ng kamatayan; hindi sila maaaring maging ang mga buhay. Hindi maaaring magpatotoo sa Diyos ang “mga taong patay” na ito, at ni hindi rin sila maaaring gamitin ng Diyos, lalo nang hindi makakapasok sa kaharian. Nais ng Diyos ang patotoo ng mga buhay, hindi ng mga patay, at hinihiling Niya na ang mga buhay, hindi ang mga patay, ang gumawa para sa Kanya. “Ang mga patay” ay yaong mga sumasalungat at naghihimagsik laban sa Diyos; sila yaong mga manhid ang espiritu at hindi nauunawaan ang mga salita ng Diyos; sila yaong mga hindi isinasagawa ang katotohanan at wala ni katiting na katapatan sa Diyos, at sila yaong mga namumuhay sa ilalim ng sakop ni Satanas at pinagsasamantalahan ni Satanas. Ipinapakita ng mga patay ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng paninindigan laban sa katotohanan, paghihimagsik sa Diyos, at pagiging mababa, kasuklam-suklam, mapaghangad ng masama, malupit, mapanlinlang, at lihim na mapanira. Kahit na kinakain at iniinom ng ganitong mga tao ang mga salita ng Diyos, hindi nila kayang isabuhay ang mga salita ng Diyos; kahit na buhay sila, lumalakad at humihingang mga bangkay lamang sila. Lubos na walang kakayahang pasayahin ng mga patay ang Diyos, lalo na ang maging ganap na masunurin sa Kanya. Kaya lamang nilang linlangin Siya, lapastanganin Siya, at ipagkanulo Siya, at ang lahat ng inilalabas nila sa pamamaraan ng kanilang pamumuhay ay naghahayag ng kalikasan ni Satanas. Kung nais ng mga tao na maging buhay na mga nilalang at magpatotoo sa Diyos, at maging kanais-nais sa Diyos, dapat nilang tanggapin ang pagliligtas ng Diyos; dapat silang malugod na magpasakop sa Kanyang paghatol at pagkastigo, at dapat nilang malugod na tanggapin ang pagtatabas at pakikitungo ng Diyos. Saka lamang nila maisasagawa ang lahat ng katotohanang hinihingi ng Diyos, at saka lamang nila makakamit ang pagliligtas ng Diyos at magiging tunay na buhay na mga nilalang. Inililigtas ng Diyos ang mga buhay; nahatulan at nakastigo na sila ng Diyos, handa silang italaga ang kanilang mga sarili at masayang ibigay ang kanilang mga buhay para sa Diyos, at malugod nilang ilalaan ang kanilang buong buhay sa Diyos. Tanging kapag nagpapatotoo lamang sa Diyos

ang mga buhay saka mapapahiya si Satanas; tanging ang mga buhay lamang ang maaaring magpalaganap ng gawaing ebanghelyo ng Diyos, tanging ang mga buhay lamang ang kaayon ng puso ng Diyos, at tanging ang mga buhay lamang ang tunay na mga tao. Sa simula, ang taong nilikha ng Diyos ay buhay, ngunit dahil sa katiwalian ni Satanas, namumuhay ang tao sa gitna ng kamatayan, at namumuhay sa ilalim ng impluwensya ni Satanas, kaya nga, sa ganitong paraan, naging patay na walang espiritu ang mga tao, naging mga kaaway sila na sumasalungat sa Diyos, naging mga kasangkapan sila ni Satanas, at naging mga bihag sila ni Satanas. Naging patay na mga tao na ang lahat ng buhay na mga taong nilikha ng Diyos, kaya nawala sa Diyos ang Kanyang patotoo, at nawala sa Kanya ang sangkatauhang Kanyang nilikha na tanging nagtataglay ng Kanyang hininga. Kung babawiin ng Diyos ang Kanyang patotoo at babawiin yaong mga nilikha ng Kanyang sariling kamay subalit nabihag na ni Satanas, kailangan Niyang buhayin silang muli upang maging buhay na mga nilalang sila, at kailangan Niyang bawiin sila upang mamuhay sila sa Kanyang liwanag. Ang mga patay ay yaong mga walang espiritu, yaong mga sukdulang manhid at sumasalungat sa Diyos. Una sa lahat, sila yaong mga hindi nakakikilala sa Diyos. Wala ni katiting na intensyon ang mga taong ito na sumunod sa Diyos; naghihimagsik lamang sila laban sa Kanya at sinasalungat Siya, at wala kahit na katiting na katapatan. Ang mga buhay ay yaong mga isinilang muli ang mga espiritu, na alam sumunod sa Diyos, at mga tapat sa Diyos. Taglay nila ang katotohanan, at ang patotoo, at ang mga taong ito lamang ang nakalulugod sa Diyos sa Kanyang tahanan. Inililigtas ng Diyos yaong mga kayang mabuhay, na kayang makita ang pagliligtas ng Diyos, na kayang maging tapat sa Diyos at handang hanapin ang Diyos. Inililigtas Niya yaong mga naniniwala sa pagkakatawang-tao ng Diyos at sa Kanyang pagpapakita. Kayang mabuhay ng ilang tao, at ang ilan ay hindi; nakasalalay ito sa kung kayang maligtas o hindi ang kanilang kalikasan. Maraming tao ang nakarinig na nang marami sa mga salita ng Diyos ngunit hindi nauunawaan ang kalooban ng Diyos, at wala pa ring kakayahang isagawa ang mga ito. Walang kakayahang isabuhay ng mga ganitong tao ang anumang katotohanan, at sinasadyang manghimasok sa gawain ng Diyos. Hindi nila kayang gawin ang anumang gawain para sa Diyos, hindi nila maitalaga ang anumang bagay sa Kanya, at palihim din nilang ginugugol ang salapi ng simbahan at kumakain nang libre sa tahanan ng Diyos. Patay na ang mga taong ito, at hindi sila maliligtas. Inililigtas ng Diyos ang lahat ng nasa gitna ng Kanyang gawain, subalit may mga taong hindi makatatanggap ng Kanyang pagliligtas; maliit na bilang lamang ang makatatanggap ng Kanyang pagliligtas. Ito ay dahil karamihan sa mga tao ay masyado nang nagawang tiwali at naging patay, at hindi na sila maaari pang iligtas; ganap na silang napagsamantalahan ni Satanas, at masyadong mapaghangad ng masama ang kanilang kalikasan. Hindi rin magawa ng ilang mga taong ito na ganap na sundin ang Diyos. Hindi sila yaong mga lubos na naging tapat sa Diyos mula sa simula, o yaong mga sukdulang nagmahal na sa Diyos mula sa simula; sa halip, naging masunurin sila

sa Diyos dahil sa Kanyang gawain ng panlulupig, nakikita nila ang Diyos dahil sa Kanyang sukdulang pagmamahal, may mga pagbabago sa kanilang disposisyon dahil sa matuwid na disposisyon ng Diyos, at nakikilala nila ang Diyos dahil sa Kanyang gawain, ang Kanyang gawain na parehong praktikal at normal. Kung wala ang gawaing ito ng Diyos, kahit gaano pa man kabuti ang mga taong ito, na kay Satanas pa rin sila, nasa kamatayan pa rin sila, at patay pa rin sila. Ang katotohanang maaaring makatanggap ng pagliligtas ng Diyos ang mga tao ngayon ay dahil lamang handa silang makipagtulungan sa Diyos.

Dahil sa kanilang katapatan sa Diyos, kakamtin ng Diyos ang mga buhay at mamumuhay sila sa gitna ng Kanyang mga pangako, at dahil sa kanilang pagsalungat sa Diyos, kamumuhian at tatanggihan ng Diyos ang mga patay at mamumuhay sila sa gitna ng Kanyang kaparusahan at mga sumpa. Ganito ang matuwid na disposisyon ng Diyos, na hindi mababago ng sinumang tao. Dahil sa kanilang sariling paghahangad, tumatanggap ang mga tao ng pag-ayon ng Diyos at namumuhay sa liwanag; dahil sa kanilang mga tusong pakana, isinusumpa ng Diyos ang mga tao at lumulusong sila sa kaparusahan; dahil sa kanilang masamang gawa, pinarurusahan ng Diyos ang mga tao, at dahil sa kanilang paghahangad at katapatan, tumatanggap ang mga tao ng pagpapala ng Diyos. Matuwid ang Diyos: Pinagpapala Niya ang mga buhay, at isinusumpa ang mga patay upang lagi silang nasa gitna ng kamatayan at hindi kailanman mamumuhay sa liwanag ng Diyos. Dadalhin ng Diyos ang mga buhay sa Kanyang kaharian at sa Kanyang mga pagpapala upang makapiling Siya magpakailanman. Ngunit para sa mga patay, lilipulin Niya sila at dadalhin sa walang-hanggang kamatayan; sila ang layon ng Kanyang pagwasak at palaging mapapabilang kay Satanas. Walang tinatrato ang Diyos nang hindi makatarungan. Tiyak na mananatili ang lahat ng mga tunay na naghahangad sa Diyos sa tahanan ng Diyos, at tiyak na mananahan ang lahat ng mga masuwayin sa Diyos at di-kaayon sa Kanya sa gitna ng Kanyang kaparusahan. Marahil nag-aalangan ka tungkol sa gawain ng Diyos sa katawang-tao—ngunit balang araw, hindi ang katawang-tao ng Diyos ang mismong maghahanda ng katapusan ng tao; sa halip, ang Kanyang Espiritu ang maghahanda sa hantungan ng tao, at sa panahong iyon malalaman ng mga tao na iisa ang katawang-tao ng Diyos at ang Kanyang Espiritu, na hindi kayang magkamali ng Kanyang katawang-tao, at na mas lalong walang kakayahang magkamali ang Kanyang Espiritu. Sa huli, tiyak na dadalhin Niya sa Kanyang kaharian yaong mga nabuhay, walang labis, walang kulang. Para sa mga patay na hindi nabuhay, itatapon sila sa pugad ni Satanas.

Ang Hindi Pagbabago ng Disposisyon ay Pakikipag-alitan sa Diyos

Makalipas ang ilang libong taon ng katiwalian, ang tao'y manhid at mapurol ang isip; siya'y naging demonyong kumakalaban sa Diyos, hanggang naitala na sa mga aklat ng kasaysayan ang pagiging mapanghimagsik ng tao tungo sa Diyos, at kahit ang tao mismo ay hindi kayang magbigay ng buong ulat ng kanyang ugaling mapanghimagsik—sapagka't ang tao ay nagawang tiwali na nang husto ni Satanang, at nailigaw na ni Satanang, na anupa't hindi niya nalalaman kung saan tutungo. Kahit ngayon, pinagtataksilan pa rin ng tao ang Diyos: Kapag nakikita ng tao ang Diyos, nagtataksil siya sa Kanya, at kapag hindi niya nakikita ang Diyos, Siya'y pinagtataksilan pa rin niya. Mayroon pa ngang iba na, bagaman nasasaksihan na ang mga sumpa ng Diyos at poot ng Diyos, pinagtataksilan pa rin Siya. Kung kaya't sinasabi Kong nawala na ng katinuan ng tao ang orihinal nitong gamit, at na ang konsensiya ng tao, gayundin, ay nawalan ng orihinal nitong gamit. Ang taong nasisilayan Ko ay isang hayop sa anyong tao, isa siyang makamandag na ahas, at gaano man niya subukang magmukhang kahabag-habag sa mga mata Ko, hindang-hindi Ko siya kaaawaan, sapagka't ang tao ay walang pagkaunawa sa pagkakaiba ng itim at puti, sa pagkakaiba ng katotohanan at di-katotohanan. Masyadong namanhid ang katinuan ng tao, nguni't patuloy siyang naghahangad na magkamit ng mga pagpapala; masyadong walang-dangal ang kanyang pagkatao nguni't naghahangad pa rin siyang taglayin ang kataas-taasang kapangyarihan ng isang hari. Kanino kaya siya magiging hari sa gayong katinuan? Papaano siya mauupo sa isang trono sa gayong katauhan? Tunay na walang kahihiyan ang tao! Siya ay isang palalong kahabag-habag! Para sa inyong nagnanais magkamit ng mga pagpapala, ipinapayo Kong humanap muna kayo ng salamin at tingnan ang inyong sariling pangit na larawan—taglay mo ba ang mga kinakailangan upang maging hari? Taglay mo ba ang mukha ng isang magtatamo ng mga pagpapala? Wala pa rin kahit katiting na pagbabago sa iyong disposisyon at hindi mo pa naisagawa ang alinman sa katotohanan, nguni't hinahangad mo pa rin ang isang magandang kinabukasan. Nilililang mo ang iyong sarili! Isinilang sa gayong napakaruming lupain, labis nang naimpluwensiyahan ng lipunan ang tao, naimpluwensiyahan na siya ng mga etikang pyudal, at naturuan na siya sa “mga institusyon ng mas mataas na pag-aaral.” Ang kaisipang paurong, tiwaling moralidad, masamang pananaw sa buhay, kasuklam-suklam na pilosopiya sa pamumuhay, lubos na hungkag na pag-iral, at napakabuktot na uri ng pamumuhay at mga kaugalian—lubhang nanghimasok na sa puso ng tao ang lahat ng mga bagay na ito, at lubhang nagpahina at sumalakay sa kanyang konsensiya. Bilang resulta, mas lalong lumayo ang tao mula sa Diyos, at mas lalong naging tutol sa Kanya. Lalong nagiging mas mabangis ang disposisyon ng tao sa bawat araw, at wala ni isang tao ang magkukusang isuko ang anumang bagay para sa Diyos, wala ni isang tao ang magkukusang sumunod sa Diyos, ni, higit pa rito, isang taong

magkukusang hanapin ang pagpapakita ng Diyos. Sa halip, sa ilalim ng sakop ni Satanas, walang ginawa ang tao kundi maghangad ng kalayawan, ibinibigay ang sarili sa katiwalian ng laman sa lupain ng putik. Marinig man nila ang katotohanan, hindi nag-iisip ang mga nananahan sa kadiliman na isagawa ito, ni nakahandang hanapin ang Diyos kahit na nasaksihan na nila ang Kanyang pagpapakita. Paano magkakaroon ng pagkakataon sa kaligtasan ang isang sangkatauhang napakasama? Paano mabubuhay sa liwanag ang isang sangkatauhang labis nang namumulok?

Nagsisimula ang pagbabago ng disposisyon ng tao sa kaalaman ng kanyang diwa at sa pamamagitan ng mga pagbabago sa kanyang pag-iisip, kalikasan, at pangkaisipang pananaw—sa pamamagitan ng mga pangunahing pagbabago. Sa ganitong paraan lamang makakamtan ang mga tunay na pagbabago sa disposisyon ng tao. Ang pinagugatan ng mga tiwaling disposisyon na lumilitaw sa tao ay ang panlilinlang, katiwalian, at lason ni Satanas. Ang tao ay iginagapos at kinokontrol ni Satanas, at dinaranas niya ang napakalaking pinsalang idinulot ni Satanas sa kanyang pag-iisip, moralidad, kaunawaan, at katinuan. Sumasalungat ang tao sa Diyos at hindi matanggap ang katotohanan dahil mismo nagawa nang tiwali ni Satanas ang mga pangunahing bagay ng tao, at lubhang hindi na katulad ng orihinal na pagkakalikha ng Diyos sa kanila. Sa gayon, dapat magsimula ang mga pagbabago sa disposisyon ng tao sa mga pagbabago sa kanyang pag-iisip, kaunawaan, at katinuan na siyang magbabago ng kanyang pagkakilala sa Diyos at kanyang pagkakilala sa katotohanan. Mas lalong ignorante sa kung ano ang Diyos o sa kung ano ang kahulugan ng paniniwala sa Diyos yaong isinilang sa pinakamalubhang natiwali sa lahat ng lupain. Mas tiwali ang mga tao, mas kakaunti ang kanilang kaalaman sa pag-iral ng Diyos, at mas mahina ang kanilang katinuan at kaunawaan. Ang ugat ng pagsalungat at pagiging mapanghimagsik ng tao laban sa Diyos ay ang kanyang katiwalian sa pamamagitan ni Satanas. Dahil sa katiwalian ni Satanas, naging manhid ang konsensiya ng tao; imoral siya, masama ang kanyang mga saloobin, at paurong ang kanyang pangkaisipang pananaw. Bago siya ginawang tiwali ni Satanas, likas na tumatalima sa Diyos ang tao at sumusunod sa Kanyang mga salita pagkatapos marinig ang mga ito. Siya ay likas na may maayos na katinuan at konsensiya, at may normal na pagkatao. Matapos gawing tiwali ni Satanas, pumurot at pinahina ni Satanas ang orihinal na katinuan, konsensiya, at pagkatao ng tao. Sa gayon, nawala niya ang kanyang pagkamasunurin at pag-ibig sa Diyos. Nalihis ang katinuan ng tao, naging katulad na ng sa hayop ang kanyang disposisyon, at nagiging mas madalas at mas matindi ang kanyang pagiging mapanghimagsik sa Diyos. Nguni't hindi pa rin ito batid ni kinikilala ng tao, at basta na lamang siyang sumasalungat at naghihimagsik. Ibinubunyag ng mga pagpapahayag ng kanyang katinuan, kaunawaan, at konsensiya ang disposisyon ng tao; dahil wala sa ayos ang kanyang katinuan at kaunawaan, at sukdulan nang pumurot ang kanyang konsensiya, kaya mapanghimagsik laban sa Diyos ang kanyang disposisyon. Kung hindi mababago ang katinuan at pananaw ng tao, hindi posible ang mga pagbabago sa kanyang disposisyon, at ganoon din ang pagsunod sa

kalooban ng Diyos. Kung hindi maayos ang katinuan ng tao, hindi niya maaaring paglingkuran ang Diyos at hindi siya akmang gamitin ng Diyos. Tumutukoy “ang normal na katinuan” sa pagsunod at pagiging tapat sa Diyos, sa paghahangad sa Diyos, sa pagiging ganap tungo sa Diyos, at sa pagkakaroon ng konsensiya tungo sa Diyos. Tumutukoy ito sa pagiging isa sa puso at isip tungo sa Diyos, at hindi pasadyang lumalaban sa Diyos. Hindi ganito ang pagkakaroon ng lihis na katinuan. Mula noong ginawang tiwali ni Satanas ang tao, nakabuo na siya ng mga kuru-kuro ukol sa Diyos, at wala siyang katapatan sa Diyos o paghahangad sa Kanya, at lalo na ang pagkakaroon ng konsensiya tungo sa Diyos. Sadyang sinasalungat at hinahatulan ng tao ang Diyos, at, bukod pa ryan, pumupukol sa Kanya ng mga pagtuligsa sa Kanyang likuran. Hinahatulan ng tao ang Diyos nang patalikod, nang may malinaw na kaalamang Siya ang Diyos; walang intensiyon ang tao na sundin ang Diyos, at gumagawa lamang ng mga bulag na kahilingan at pakiusap sa Kanya. Ang gayong mga tao—mga taong may lihis na katinuan—ay walang kakayahang makilala ang sarili nilang pag-uugaling kasuklam-suklam o ang pagsisihan ang kanilang pagiging mapanghimagsik. Kung may kakayahan ang mga taong makilala ang mga sarili nila, bahagya nilang nabawi na ang kanilang katinuan; habang mas naghihimagsik sa Diyos ang mga taong hindi pa nakakikilala sa mga sarili nila, mas wala sa ayos ang kanilang katinuan.

Walang ibang pinagmumulan ang pagbubunyag ng tiwaling disposisyon ng tao kundi ang mapurol niyang konsensiya, ang malisyoso niyang kalikasan, at ang katinuan niyang wala sa ayos; kung muling makababalik sa normal ang konsensiya at katinuan ng tao, magiging akma siyang magamit sa harap ng Diyos. Dahil lamang sa ang konsensiya ng tao ay manhid na noon pa man, at dahil ang katinuan ng tao, na hindi kailanman naging maayos, ay patuloy na mas pumupurol anupa’t lalo pang nagiging mapanghimagsik ang tao sa Diyos, kaya ipinako pa nga niya si Jesus sa krus at hindi pinapapasok sa kanyang tahanan ang pagkakatawang-tao ng Diyos sa mga huling araw, at kinukondena ang katawang-tao ng Diyos, at mababa ang tingin sa katawang-tao ng Diyos. Kung mayroon kahit kaunting pagkatao ang tao, hindi siya magiging malupit sa kanyang pagtrato sa katawang-tao ng Diyos; kung mayroon siyang kahit kaunting katinuan, hindi siya magiging malupit sa kanyang pagtrato sa katawang-tao ng nagkatawang-taong Diyos; kung mayroon siyang kahit kaunting konsensiya, hindi siya “magpapasalamat” sa nagkatawang-taong Diyos sa ganitong paraan. Nabubuhay ang tao sa panahon na ang Diyos ay nagkakatawang-tao, nguni’t hindi niya magawang magpasalamat sa Diyos sa pagbibigay sa kanya ng gayon kagandang pagkakataon, at sa halip ay isinusumpa ang pagdating ng Diyos, o lubusang hindi pinapansin ang katotohanan ng pagkakatawang-tao ng Diyos, at para bang tutol siya dito at nababagot dito. Anuman ang pagtrato ng tao sa pagdating ng Diyos, ang Diyos, sa madaling sabi, ay matiyaga nang nagpapatuloy sa Kanyang gawain noon pa man—kahit wala ni katiting na pagtanggap ang tao sa Kanya, at walang taros na humihiling sa Kanya. Naging sukdulang malupit na ang disposisyon ng tao, naging lubos na mapurol na ang kanyang katinuan, at lubusang niyurakan na ng

masamang nilalang ang kanyang konsensiya at matagal nang tumigil na maging orihinal na konsensiya ng tao. Hindi lamang walang utang na loob ang tao sa nagkatawang-taong Diyos para sa pagkakaloob Niya ng kayraming buhay at biyaya sa sangkatauhan, bagkus ay naghihinakit pa nga sa Diyos dahil sa pagbibigay sa kanya ng katotohanan; dahil wala ni kaunting interes sa katotohanan ang tao kaya naghihinakit siya sa Diyos. Bukod sa hindi magawa ng taong ialay ang kanyang buhay para sa nagkatawang-taong Diyos, sinusubukan din niyang makakuha ng mga pabor mula sa Kanya, at humihingi ng interes na dose-dosenang beses na mas malaki kaysa sa naibigay na ng tao sa Diyos. Iniisip ng mga taong may gayong konsensiya at katinuan na hindi ito mahalagang bagay, at naniniwala pa rin na masyado na nilang iginugol ang sarili nila para sa Diyos, at na masyadong kakaunti ang naibigay na ng Diyos sa kanila. May mga tao na, matapos magbigay sa Akin ng isang mangkok ng tubig, inilalahad ang kanilang mga kamay at humihiling na bayaran Ko sila para sa dalawang mangkok ng gatas, o, matapos makapagbigay sa Akin ng isang kuwarta para sa isang gabi, humihiling na magbayad Ako ng renta para sa maraming gabi. Sa gayong pagkatao at sa gayong konsensiya, paano ninyo nagagawa pa ring naising magkamit ng buhay? Anong kasuklam-suklam na masasama kayo! Ang ganitong uri ng pagkatao sa tao at ganitong uri ng konsensiya sa tao ang dahilan kung bakit nagpapagala-gala sa buong lupain ang nagkatawang-taong Diyos, na walang mahanap na lugar para masilungan. Silang mga tunay na nagtataglay ng konsensiya at pagkatao ay dapat sumamba at buong pusong maglingkod sa nagkatawang-taong Diyos hindi dahil sa dami ng gawaing nagawa na Niya, nguni't kahit na wala Siyang ginawang anumang gawain. Ito ang dapat gawin ng mga may maayos na katinuan, at ito ang tungkulin ng tao. Naghahayag pa ang karamihan ng mga tao ng mga kundisyon sa kanilang paglilingkod sa Diyos: Wala silang pakialam kung Siya man ay Diyos o tao, at binabanggit lamang nila ang sarili nilang mga kundisyon, at hinahangad lamang na mabigyang kasiyahan ang sarili nilang mga pagnanais. Kapag nagluluto kayo para sa Akin, naniningil kayo ng bayad para sa serbisyo, kapag tumatakbo kayo para sa Akin, naniningil kayo ng bayad para sa pagtakbo, kapag nagtatrabaho kayo para sa Akin, naniningil kayo ng sahod, kapag nilalabhan ninyo ang Aking mga damit, naniningil kayo ng bayad para sa paglalaba, kapag nagbibigay kayo sa simbahan, naniningil kayo ng pambawi sa gastos, kapag nagsasalita kayo, naniningil kayo ng bayad para sa pagsasalita, kapag namimigay kayo ng mga libro naniningil kayo ng bayad para sa pamamahagi, at kapag nagsusulat kayo, naniningil kayo ng bayad para sa pagsusulat. Yaong pinakitunguhan Ko na ay naniningil pa nga ng kabayaran mula sa Akin, samantalang ang mga napauwi na ay naniningil ng bayad-pinsala para sa pagkasira ng kanilang pangalan; yaong hindi pa kasal ay naniningil ng dote, o ng kabayaran para sa nawala nilang kabataan; yaong kumakatay ng manok ay naniningil ng bayad para sa mangangatay, yaong nagpiprito ng pagkain ay naniningil ng bayad para sa pagpiprito, at yaong nagluluto ng sopas ay naniningil rin ng bayad para rito.... Ito ang inyong matayog at makapangyarihang pagkatao, at ito ang mga pagkilos na idinidikta ng inyong

masiglang konsensiya. Nasaan ang inyong katinuan? Nasaan ang inyong pagkatao? Hayaang sabihin Ko sa inyo! Kung magpatuloy kayong gaya nito, titigil Ako sa paggawa sa piling ninyo. Hindi Ako gagawa sa piling ng kawan ng mga hayop na nakademit-pantao, samakatuwid ay hindi Ako magpapakasakit para sa gayong pangkat ng mga tao na ang magagandang mukha ay nagtatago ng mababangis na puso, hindi Ako magtitiis para sa gayong kawan ng mga hayop na wala ni katiting na posibilidad ng kaligtasan. Ang araw na talikuran Ko kayo ay ang araw na mamamatay kayo, ito ang araw na darating sa inyo ang kadiliman, at ang araw na itatakwil kayo ng liwanag. Hayaang sabihin Ko sa inyo! Hindi Ako kailanman magiging mabait sa isang pangkat na katulad ninyo, isang pangkat na mas mababa pa sa mga hayop! May mga hangganan ang Aking mga salita at pagkilos, at sa ganyan ninyong pagkatao at konsensiya, hindi na Ako gagawa pa, sapagka't sobrang kulang kayo sa konsensiya, nagdulot na kayo ng matinding sakit sa Akin, at lubos Kong kinasusuklanan ang inyong pag-uugaling nakaririmarim. Hindi kailanman magkakaroon ng pag-asa sa kaligtasan ang mga taong kulang na kulang sa pagkatao at konsensiya; hindi Ko kailanman ililigtas ang gayong walang puso at walang utang na loob na mga tao. Pagdating ng araw Ko, walang hanggan Akong magpapaulan ng Aking nakalalapnos na mga apoy sa mga anak ng pagsuway na minsang pumukaw sa matindi Kong poot, ipapataw Ko ang Aking walang hanggang kaparusahan sa mga hayop na iyon na minsang pumukol ng pagtuligsa sa Akin at tinalikdan Ako, susunugin Kong magpakailanman sa mga apoy ng Aking galit ang mga anak ng pagsuway na minsang kumain at namuhay kasama Ko nguni't hindi naniwala sa Akin, na ininsulto at pinagtaksilan Ako. Isasailalim Ko sa Aking kaparusahan ang lahat ng pumukaw ng Aking galit, ibubuhos Ko ang kabuuan ng Aking galit sa mga hayop na iyon na minsang nagnais na tumayo sa Aking tabi bilang mga kapantay Ko subali't ay hindi sumamba o sumunod sa Akin; ang tungkod na Aking hinahataw sa tao ay lalapat sa mga hayop na minsang nagtamasa ng Aking kalinga at minsang nasiyahan sa mga hiwagang Aking sinabi, at minsang nagtangkang kumuha ng mga kasiyahang materyal mula sa Akin. Hindi Ako magiging mapagpatawad sa sinumang nagtatangkang kunin ang Aking posisyon; wala Akong palalampasin sa mga nagtatangka na mang-agaw ng pagkain at mga damit sa Akin. Sa ngayon, nananatili kayong malaya mula sa kapahamakan at patuloy na umaabuso sa mga kahilingang inilalatag ninyo sa Akin. Pagdating ng araw ng poot, hindi na kayo hihiling pa sa Akin; sa oras na iyon, hahayaan Ko kayong “magpakasaya” hanggang sa gusto ninyo, isusubsob Ko ang inyong mukha sa lupa, at hindi na kayo muling makababangon! Hindi magtatagal, “babayaran” Ko kayo sa pagkakautang na ito—at umaasa Akong matiyaga kayong naghihintay sa pagdating ng araw na ito.

Kung tunay na maisasantabi ng kasuklam-suklam na mga taong ito ang kanilang labis-labis na mga pagnanasa at manumbalik sa Diyos, mayroon pa rin silang pag-asa ng kaligtasan; kung ang tao ay may puso na tunay na naghahangad sa Diyos, hindi siya iiwan ng Diyos. Nabibigo ang taong makamit ang Diyos hindi dahil sa ang Diyos ay may emosyon, o dahil ayaw ng Diyos na makamit Siya ng tao, kundi dahil ayaw makamit ng

tao ang Diyos, at dahil hindi agarang hinahanap ng tao ang Diyos. Paanong isusumpa ng Diyos ang isa sa mga tunay na naghahanap sa Diyos? Paanong isusumpa ng Diyos ang isang may maayos na katinuan at sensitibong konsensiya? Paanong lalamunin ng mga apoy ng Kanyang poot ang isang tunay na sumasamba at naglilingkod sa Diyos? Paanong palalayasin sa bahay ng Diyos ang isang masaya na sumunod sa Diyos? Paanong mabubuhay sa kaparusahan ng Diyos ang isang hindi masagad-sagad ang pag-ibig sa Diyos? Paanong walang matitirang kahit ano sa isang taong masaya na talikdan ang lahat para sa Diyos? Ayaw ng taong hangarin ang Diyos, ayaw gugulin ang kanyang mga ari-arian para sa Diyos, at ayaw maglaan ng habambuhay na pagsisikap para sa Diyos; sa halip, sinasabi niyang sumobra na ang Diyos, na napakaraming tungkol sa Diyos ang salungat sa mga kuru-kuro ng tao. Sa ganitong uri ng pagkatao, hindi pa rin ninyo makakamit ang pagsang-ayon ng Diyos kahit na kayo ay walang humpay sa inyong mga pagsisikap, bukod pa sa katotohanan na hindi ninyo hinahanap ang Diyos. Hindi ba ninyo alam na kayo ang depektibong produkto ng sangkatauhan? Hindi ba ninyo alam na walang pagkatao ang mas mababa pa kaysa sa inyo? Hindi ba ninyo alam kung ano ang bansag sa inyo ng iba upang parangalan kayo? Tinatawag kayo ng mga tunay na umiibig sa Diyos na ama ng lobo, ina ng lobo, anak ng lobo, at apo ng lobo; kayo ang mga inapo ng lobo, ang mga tao ng lobo, at dapat ninyong malaman ang sarili ninyong pagkakakilanlan at huwag itong kalimutan kailanman. Huwag ninyong isiping kayo ay kung sinong nakahihigit na tao: Kayo ang pinakamasamang pangkat ng mga hindi-tao sa piling ng sangkatauhan. Hindi ba ninyo alam ang alinman dito? Hindi ba ninyo alam kung gaano kalaking panganib ang sinuong Ko na sa paggawa sa piling ninyo? Kung hindi muling makababalik sa normal ang inyong katinuan, at hindi gumagana nang normal ang inyong konsensiya, hindi ninyo kailanman maiwawaksi ang bansag na “lobo,” hindi ninyo kailanman matatakan ang araw ng sumpa at hindi kailanman matatakan ang araw ng inyong kaparusahan. Isinilang kayong mas mababa, isang bagay na walang anumang halaga. Kayo ay likas na pangkat ng gutom na mga lobo, isang tumpok ng latak at basura, at, hindi kagaya ninyo, hindi Ako gumagawa sa inyo upang magkamit ng mga pabor, kundi dahil sa pangangailangan ng gawain. Kung magpapatuloy kayo sa pagiging mapanghimagsik sa ganitong paraan, ititigil Ko ang Aking gawain, at hindi na kailanman gagawang muli sa inyo; sa kabaligtaran, ililipat Ko ang Aking gawain sa isa pang pangkat na nagpapalugod sa Akin, at sa ganitong paraan ay iiwan kayo magpakailanman, sapagka’t ayaw Kong masilayan ang mga nakikipag-alitan sa Akin. Kaya kung gayon, nais ba ninyong maging kaayon sa Akin, o makipag-alitan laban sa Akin?

Lahat ng Taong Hindi Nakakakilala sa Diyos ay mga Taong Sumasalungat sa Diyos

Ang maunawaan ang layunin ng gawain ng Diyos, ang epektong nakakamit ng Kanyang gawain sa tao at kung ano ba talaga ang kalooban ng Diyos para sa tao: ito ang dapat makamit ng bawat taong sumusunod sa Diyos. Ang kulang ngayon sa lahat ng tao ay ang kaalaman sa gawain ng Diyos. Ang mga gawa na nagawa na ng Diyos sa mga tao, ang kabuuan ng gawain ng Diyos, at kung ano ba talaga ang kalooban ng Diyos para sa tao, mula sa paglikha ng mundo hanggang sa kasalukuyang panahon—ito ang mga bagay na hindi nalalaman at hindi naiintindihan ng tao. Ang ganitong kakulangan ay hindi lamang nakikita sa buong relihiyosong mundo, kundi pati sa lahat ng mananampalataya sa Diyos. Kapag dumating ang araw na totoo mong namamasdan ang Diyos, kapag tunay mong pinahahalagahan ang karunungan Niya, kapag namamasdan mo ang lahat ng gawa na nagawa na ng Diyos, kapag nakikilala mo kung ano ang Diyos at kung ano ang mayroon Siya—kapag nakita mo na ang Kanyang kasaganaan, karunungan, kababalaghan, at lahat ng Kanyang nagawa na sa mga tao—saka mo makakamit ang tagumpay sa iyong pananampalataya sa Diyos. Nang sabihin na ang Diyos ay sumasaklaw sa lahat at masagana sa lahat, sa anong eksatong paraan Siya sumasaklaw sa lahat, at sa anong paraan Siya masagana sa lahat? Kung hindi mo ito nauunawaan, hindi ka maituturing na nananampalataya sa Diyos. Bakit ko sinasabi na ang mga nasa relihiyosong mundo ay hindi nananampalataya sa Diyos kundi mga masasamang tao, mga kauri ng diyablo? Kapag sinabi kong sila ay masasamang tao, ito ay dahil hindi nila nauunawaan ang kalooban ng Diyos at hindi nila kayang makita ang Kanyang karunungan. Hindi kailanman ibinubunyag ng Diyos ang Kanyang gawain sa kanila. Sila ay mga bulag. Hindi nila nakikita ang mga gawa ng Diyos, sila ay tinalikdan na ng Diyos, at ganap na walang pangangalaga at pag-iingat ng Diyos, pati na rin ang gawain ng Banal na Espiritu. Ang lahat ng mga walang gawain ng Diyos ay masasamang tao at kalaban ng Diyos. Ang sinasabi ko na mga kalaban ng Diyos ay tumutukoy sa mga hindi nakakakilala sa Diyos, ang mga kumikilala sa Diyos sa kanilang mga pananalita ngunit hindi nakakakilala sa Kanya, mga sumusunod sa Diyos ngunit hindi tumatalima sa Kanya, at mga nagsasaya sa biyaya ng Diyos ngunit hindi kayang tumayo bilang saksi Niya. Kung walang pagkaunawa sa layunin ng gawain ng Diyos o pagkaunawa sa gawain na ginagawa ng Diyos sa tao, hindi siya magiging kaayon ng kalooban ng Diyos, at hindi niya magagawang tumayong saksi ng Diyos. Ang dahilan kung bakit sumasalungat ang tao sa Diyos ay nagmumula, sa isang banda, sa kanyang tiwaling disposisyon, at sa kabilang banda, sa kamangmangan tungkol sa Diyos at sa kakulangan ng pagkaunawa sa mga prinsipyo kung paano gumagawa ang Diyos, at sa Kanyang kalooban para sa tao. Ang dalawang aspetong ito, kung pagsasamahin, ay bumubuo sa isang kasaysayan ng paglaban ng tao sa Diyos. Ang mga baguhan sa pananampalataya ay sumasalungat sa Diyos dahil ang ganoong pagsalungat ay nasa kanilang kalikasan, samantalang ang

pagsalungat sa Diyos ng mga maraming taon nang nananampalataya ay mula sa kanilang kamangmangan tungkol sa Kanya, bukod pa sa kanilang tiwaling disposisyon. Noong panahon bago nagkatawang-tao ang Diyos, ang sukatan kung ang isang tao ay sumalungat sa Diyos ay batay sa kung tinupad niya ang mga kautusang itinakda ng Diyos sa langit. Halimbawa, sa Kapanahunan ng Kautusan, ang sinumang hindi tumupad sa mga kautusan ni Jehova ay itinuring na sumalungat sa Diyos. Ang sinumang nagnakaw ng mga handog kay Jehova, o ang sinumang nanindigan laban sa mga pinaboran ni Jehova, ay itinuring na sumalungat sa Diyos at pupukulin ng bato hanggang kamatayan. Ang sinumang hindi gumalang sa kanyang ama at ina, at ang sinumang nanakit o nanumpa ng kapwa, ay itinuring na hindi tumupad sa mga kautusan. At ang lahat ng hindi tumupad sa kautusan ni Jehova ay itinuring na mga nanindigan laban sa Kanya. Hindi na ganito sa Kapanahunan ng Biyaya, kung kailan ang sinumang nanindigan laban kay Jesus ay itinuring na nanindigan laban sa Diyos, at ang sinumang hindi sumunod sa mga salitang binigkas ni Jesus ay itinuring na nanindigan laban sa Diyos. Sa panahong ito, ang paraan ng pagtukoy sa pagsalungat sa Diyos ay naging mas tumpak at mas praktikal. Sa panahong hindi pa nagkatawang-tao ang Diyos, ang sukatan kung sumalungat ang tao sa Diyos ay batay sa kung ang tao ay sumamba at tumingala sa di-nakikitang Diyos na nasa langit. Ang paraan ng pagtukoy sa pagsalungat sa Diyos sa panahong iyon ay tunay ngang hindi praktikal, dahil hindi kayang makita ng tao ang Diyos, at hindi niya alam kung ano ang imahe ng Diyos, o kung paano Siya gumawa at nagsalita. Walang mga kuru-kuro ang tao sa Diyos, at ang paniniwala niya sa Diyos ay hindi malinaw, dahil hindi pa nagpakita ang Diyos sa tao. Samakatuwid, paano man naniwala sa Diyos ang tao sa kanyang imahinasyon, hindi hinatulan ng Diyos ang tao o kaya ay gumawa ng maraming kahilingan mula sa kanya, sapagkat hindi talaga kayang makita ng tao ang Diyos noon. Nang nagkatawang-tao ang Diyos at pumarito upang gumawa kasama ng mga tao, ang lahat ay napagmasdan Siya at napakinggan ang Kanyang mga salita, at nakita ng lahat ang mga gawa na ginagawa ng Diyos mula sa Kanyang katawang-tao. Sa sandaling iyon, ang lahat ng kuru-kuro ng tao ay naging mga bula. At para sa mga nakakita na sa pagkakatawang-tao ng Diyos, hindi sila hahatulan kung kusang-loob silang tatalima sa Kanya, samantalang ang mga sadyang naninindigan laban sa Kanya ay ituturing na kalaban ng Diyos. Ang mga taong ito ay mga anticristo, mga kaaway na sadyang naninindigan laban sa Diyos. Ang mga nagkikimkim ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos ngunit nakahanda pa rin at nagnanais na sumunod sa Kanya ay hindi mahahatulan. Hinahatulan ng Diyos ang tao batay sa kanyang mga layunin at mga kilos, hindi kailanman sa kanyang mga kaisipan at ideya. Kung hahatulan ng Diyos ang tao batay sa kanyang mga kaisipan at mga ideya, wala ni isang tao ang makatatakas mula sa puno ng galit na mga kamay ng Diyos. Ang mga sadyang naninindigan laban sa Diyos na nagkatawang-tao ay parurusahan dahil sa kanilang pagsuway. Tungkol sa mga taong ito na sadyang naninindigan laban sa Diyos, ang kanilang pagsalungat ay nagmumula sa katunayan na nagkikimkim sila ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos, na umaakay sa

kanila sa mga pagkilos na nakagagambala sa gawain ng Diyos. Ang mga taong ito ay sadyang lumalaban at sumisira sa gawain ng Diyos. Hindi lamang sila nagtataglay ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos, nakikibahagi rin sila sa mga aktibidad na gumagambala sa Kanyang gawain, at dahil dito ang ganitong klase ng mga tao ay mahahatulan. Ang mga hindi sadyang gumagambala sa gawain ng Diyos ay hindi huhusgahan bilang mga makasalanang, sapagkat nagagawa nilang sumunod nang maluwag sa kanilang kalooban at hindi sila nakikibahagi sa mga aktibidad na nagdudulot ng paggambala at kaguluhan. Ang mga taong gaya nito ay hindi parurusahan. Gayunpaman, kapag naranasan na ng mga tao ang gawain ng Diyos sa loob ng maraming taon, kung patuloy silang nagkikimkim ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos at nananatili pa ring hindi nakaaalam sa mga gawain ng Diyos na nagkatawang-tao, at kung, gaano man karaming taon na nilang naranasan ang Kanyang gawain, patuloy pa rin silang puno ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos at hindi pa rin nila Siya kayang makilala, kahit pa hindi sila nakikibahagi sa nakagagambalang mga aktibidad, ang kanilang mga puso ay puno pa rin ng maraming kuru-kuro tungkol sa Diyos, at kapag ang mga kuru-kurong ito ay hindi napansin, ang mga taong ito ay walang maitutulong sa gawain ng Diyos. Hindi nila kayang ipalaganap ang ebanghelyo para sa Diyos o tumayong saksi Niya. Ang mga taong gaya nito ay mga walang silbi at mga hangal. Dahil hindi nila nakikilala ang Diyos at higit pa rito ay ganap na walang kakayahang iwaksi ang kanilang mga kuru-kuro tungkol sa Kanya, sila ay hinuhusgahan. Maaari itong sabihin nang ganito: Normal sa mga baguhan sa pananampalataya ang magkaroon ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos o ang kawalan ng kaalaman sa Kanya, ngunit para sa taong naniniwala na sa Diyos nang maraming taon at may sapat na karanasan sa gawain ng Diyos, hindi na normal para sa mga taong ito na ipagpatuloy ang pagkakaroon ng mga kuru-kuro, at mas lalong hindi normal para sa taong gaya nito ang kawalan ng kaalaman sa Diyos. Ito ay sapagkat hindi isang normal na kalagayan ang sila ay mahusgahan. Ang lahat ng mga hindi normal na taong ito ay basura. Sila ang mga pinakasumasalungat sa Diyos at mga nagpakasaya sa biyaya ng Diyos nang para sa wala. Lahat ng ganitong mga tao ay aalisin sa huli!

Ang sinumang hindi nakauunawa sa layunin ng gawain ng Diyos ay sumasalungat sa Kanya, at ang nakauunawa sa layunin ng gawain ng Diyos ngunit hindi pa rin naghahangad na mabigyang-kasiyahan ang Diyos ay lalo pang higit na ituturing na kalaban ng Diyos. Mayroong mga nagbabasa ng Bibliya sa mga malalaking iglesia at nagsasalaysay nito nang buong araw, ngunit wala ni isa sa kanila ang nakauunawa sa layon ng gawain ng Diyos. Wala ni isa sa kanila ang nakakilala sa Diyos, lalong wala ni isa sa kanila ang nakaayon sa kalooban ng Diyos. Lahat sila ay walang halaga, masasamang tao, bawat isa ay nagpapakataas upang pangaralan ang Diyos. Sadya nilang sinasalungat ang Diyos kahit na dala-dala nila ang Kanyang bandila. Sinasabi nilang sila ay nananampalataya sa Diyos, subalit kumakain pa rin sila ng laman at umiinom ng dugo ng tao. Ang lahat ng ganitong tao ay mga diyablong lumalamon sa kaluluwa ng tao, mga pinunong demonyo na sadyang humahadlang sa mga sumusubok

na tumapak sa tamang landas, at mga balakid na nakasasagabal sa mga naghahanap sa Diyos. Sila ay tila may “magagandang konstitusyon,” ngunit paano malalaman ng kanilang mga tagasunod na sila ay walang iba kundi mga anticristo na umaakay sa mga tao na manindigan laban sa Diyos? Paano malalaman ng kanilang mga tagasunod na sila ay mga nabubuhay na diyablo na nakatuon sa paglamon ng mga kaluluwa ng tao? Ang mga nagpaparangal sa kanilang sarili sa harap ng Diyos ang pinakahamak sa mga tao, samantalang ang nag-iisip sa kanilang sarili na hamak ay ang pinakamarangal. At ang mga nag-aakala na alam nila ang gawain ng Diyos at, higit pa rito, ay kayang magpahayag ng gawain ng Diyos sa iba nang may pagpapasikat kahit pa sila ay direktang nakatingin sa Kanya—sila ang mga pinakamangmang sa mga tao. Ang ganitong mga tao ay walang patotoo ng Diyos, mapagmataas at puno ng kayabangan. Ang mga naniniwala na lubhang kakaunti ang kanilang kaalaman sa Diyos, sa kabila ng kanilang aktuwal na karanasan at praktikal na kaalaman tungkol sa Kanya, ang mga pinakamamahal Niya. Tanging ang mga ganitong tao ang tunay na may patotoo at tunay na magagawang perpekto ng Diyos. Ang mga hindi nakauunawa sa kalooban ng Diyos ay mga kalaban ng Diyos. Ang mga nakauunawa sa kalooban ng Diyos ngunit hindi isinasagawa ang katotohanan ay mga kalaban ng Diyos. Ang mga kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, ngunit sumasalungat sa diwa ng mga salita ng Diyos, ay mga kalaban ng Diyos. Ang mga may mga kuru-kuro tungkol sa Diyos na nagkatawang-tao, at higit pa rito ay mayroong pag-iisip na makibahagi sa paghihimagsik, ay mga kalaban ng Diyos. Ang mga nagbibigay ng hatol sa Diyos ay mga kalaban ng Diyos, at ang sinumang hindi kayang makilala ang Diyos o magpatotoo sa Kanya ay kalaban ng Diyos. Kaya hinihimok ko kayo: Kung tunay ngang mayroon kayong pananampalataya na makakaya ninyong tahakin ang landas na ito, ipagpatuloy ang pagsunod dito. Ngunit kung hindi ninyo kayang umiwas sa pagsalungat sa Diyos, pinakamabuting lumayo na kayo bago maging huli ang lahat. Kung hindi, ang pagkakataon na makasama sa inyo ang mga bagay-bagay ay lubhang mataas, sapagkat ang inyong kalikasan ay talagang labis na tiwali. Wala kayong kahit karampot o katiting na katapatan o pagsunod, o pusong uhaw sa pagkamakatuwiran at katotohanan, o pag-ibig para sa Diyos. Maaaring sabihin na ang inyong kalagayan sa harap ng Diyos ay lubos na magulo. Hindi ninyo magawang sumunod sa nararapat ninyong sundin, at hindi ninyo kayang sabihin ang nararapat ninyong sabihin. Nabigo kayong isagawa ang nararapat ninyong isagawa. At ang tungkulin na nararapat ninyong gampanan, hindi ninyo nakayanang gampanan. Wala kayong katapatan, konsensya, pagsunod, o kapasiyahan na dapat ay mayroon kayo. Hindi pa ninyo natiis ang pagdurusa na nararapat ninyong tiisin, at wala kayo ng pananampalatayang nararapat ninyong taglayin. Sa madaling sabi, lubos ang inyong kasalatan sa anumang kabutihan: Hindi ba kayo nahiiya na patuloy na mabuhay? Hayaan ninyong kumbinsihin ko kayo na mas mabuti pang isara ninyo ang inyong mga mata sa walang hanggang kapahingahan, upang makaiwas ang Diyos mula sa pag-aalala sa inyo at sa pagdurusa para sa inyong kapakanan. Naniniwala kayo sa Diyos ngunit hindi ninyo nalalaman ang

Kanyang kalooban, kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos ngunit hindi ninyo nagagawang sundin ang mga hinihingi ng Diyos sa tao. Naniniwala kayo sa Diyos ngunit hindi ninyo Siya kilala, at nananatili kayong buhay na walang layuning pinagsisikapan, walang anumang mga pagpapahalaga, walang anumang kahulugan. Nabubuhay kayo bilang tao ngunit wala ni katiting na konsensya, integridad, o kredibilidad—matatawag n’yo pa rin ba ang inyong mga sarili na tao? Naniniwala kayo sa Diyos ngunit nililinlang ninyo Siya; bukod pa rito, kinukuha ninyo ang salapi ng Diyos at kinakain ang mga handog na para sa Kanya. Gayunman, sa huli ay bigo pa rin kayong magpakita ng kahit man lamang katiting na konsiderasyon para sa damdamin ng Diyos o kaunting konsensya tungo sa Kanya. Maging ang pinakasimpleng kahilingan ng Diyos ay hindi ninyo matugunan. Matatawag n’yo pa rin bang tao ang inyong mga sarili? Kinakain ninyo ang pagkaing ipinagkakaloob sa inyo ng Diyos, nilalanghap ang hanging ibinibigay Niya sa inyo, at tinatamasa ang Kanyang biyaya, ngunit, sa huli, wala kayo ni kaunting kaalaman tungkol sa Diyos. Bagkus, kayo ay naging mga walang silbing sumasalungat sa Diyos. Hindi ba kayo nagiging tila hayop na mas mababa pa sa isang aso dahil dito? Sa lahat ng mga hayop, mayroon bang anuman na may mas masama pang hangarin kaysa sa inyo?

Ang mga pastor at nakatatanda na tumatayo sa mataas na pulpito at nagtuturo sa iba ay mga kalaban ng Diyos at mga kaanib ni Satanas. Hindi ba’t kayong mga hindi tumatayo sa mataas na pulpito at nagtuturo sa iba ay mas lalong kalaban ng Diyos? Hindi ba kayo, mas higit pa sa kanila, at mga kasabwat ni Satanas? Ang mga hindi nauunawaan ang layunin ng gawain ng Diyos ay hindi alam kung paano maging kaayon ng kalooban ng Diyos. Walang alinlangan, hindi maaaring ang mga nakauunawa sa layunin ng gawain ng Diyos ay hindi alam kung paano aayon sa kalooban ng Diyos. Ang gawain ng Diyos ay hindi kailanman kamalian; sa halip, ang paghahangad ng tao ang siyang may kapintasan. Hindi ba’t ang mga masasama na sadyang sumasalungat sa Diyos ang mas nakatatakot at mas masasama kaysa sa mga pastor at nakatatandang mga namumuno? Marami ang mga sumasalungat sa Diyos, subalit sa kanila, mayroon ding iba’t ibang paraan kung paano nila sinasalungat ang Diyos. Kung paanong may iba’t ibang uri ng mananampalataya, mayroon ding iba’t ibang uri ng mga sumasalungat sa Diyos, ang bawat isa ay hindi katulad ng iba. Wala ni isa man sa mga nabigong makita nang malinaw ang layunin ng gawain ng Diyos ang maliligtas. Paano man sinalungat ng tao ang Diyos sa nakaraan, kapag naunawaan na ng tao ang layunin ng gawain ng Diyos at inihandog niya ang kanyang mga pagsisikap upang mabigyang-kasiyahan ang Diyos, buburahin ng Diyos ang lahat ng kanyang mga kasalanan sa nakaraan. Hangga’t hinahanap ng tao ang katotohanan at isinasagawa ang katotohanan, hindi aalalahanin ng Diyos ang kanyang mga nagawa na. Higit pa rito, ang pagbibigay ng Diyos ng katuwiran sa tao ay batay sa pagsasagawa niya ng katotohanan. Ito ang pagkamakatuwiran ng Diyos. Bago pa nakita ng tao ang Diyos o naranasan ang Kanyang gawain, paano man kumilos ang tao tungo sa Diyos, hindi Niya ito isinasaisip. Gayunpaman, sa sandaling

nakita na ng tao ang Diyos at naranasan ang Kanyang gawain, ang lahat ng gawa at kilos ng tao ay isusulat ng Diyos sa “mga talaan,” dahil nakita na ng tao ang Diyos at nabuhay sa gitna ng Kanyang gawain.

Kapag tunay na nakita na ng tao kung anong mayroon at kung ano ang Diyos, kapag nakita na niya ang Kanyang pagiging kataas-taasan, at kapag tunay na niyang nalalaman ang gawain ng Diyos, at bukod pa rito, kapag nagbago ang dating disposisyon ng tao, saka lamang ganap na maiwawaksi ng tao ang kanyang mapanghimagsik na disposisyon na sumasalungat sa Diyos. Maaaring sabihin na minsan nang sumalungat ang bawat tao sa Diyos at ang bawat tao ay minsan na ring naghimagsik laban sa Diyos. Gayunman, kung kusa kang susunod sa Diyos na nagkatawang-tao, at mula sa sandaling ito ay magbibigay-kasiyahan sa puso ng Diyos sa pamamagitan ng iyong katapatan, pagsasagawa ng katotohanan gaya nang nararapat, pagganap sa iyong tungkulin gaya nang nararapat, at pagsunod sa mga tuntunin gaya nang nararapat, ikaw nga ay handa nang iwaksi ang iyong pagiging-mapanghimagsik upang bigyang-kasiyahan ang Diyos at magagawang perpekto ng Diyos. Kung may pagmamatigas kang tatanggi na makita ang iyong mga pagkakamali at wala kang intensyon na magsisi, kung ipagpipilitan mo ang iyong mapanghimagsik na pag-uugali na wala ni katiting na intensyong makipagtulungan sa Diyos at mabigyan Siya ng kasiyahan, ang isang taong suwail at hindi na magbabago na tulad mo ay tiyak na parurusahan at siguradong hindi kailanman magiging isa sa mga gagawing perpekto ng Diyos. Kung ganoon, ikaw ay kaaway ng Diyos ngayon at bukas ay kaaway ka pa rin ng Diyos, at sa susunod na araw ay mananatili ka pa ring kaaway ng Diyos. Habambuhay kang magiging kalaban ng Diyos at kaaway ng Diyos. Kung magkagayon, paano ka pakakawalan ng Diyos? Likas sa tao ang sumalungat sa Diyos, ngunit hindi dapat sadyain ng tao ang paghanap sa “sikreto” ng pagsalungat sa Diyos dahil lamang sa ang pagbabago sa kanyang kalikasan ay hindi niya kayang magawa. Kung ganoon, mas mabuti pang lumayo bago maging huli ang lahat, upang ang pagkastigo sa iyo sa hinaharap ay hindi na mas lumala pa, at upang ang iyong malupit na kalikasan ay hindi na sumabog pa at maging mahirap pigilin, hanggang sa ang iyong katawang-laman ay wakasan ng Diyos sa huli. Naniniwala ka sa Diyos upang makatanggap ng mga pagpapala, ngunit kung sa huli ay kasawian lamang ang dumating sa iyo, hindi ba ito magiging isang kahihiyan? Hinihimok ko kayo, mas mabuti pang bumuo kayo ng ibang plano. Anumang bagay na inyong magagawa ay magiging mas mabuti kaysa sa inyong pananalig sa Diyos: Tiyak na hindi maaaring ito lamang ang nag-iisang landas. Hindi ba kayo patuloy na mabubuhay kung hindi kayo naghanap ng katotohanan? Bakit kinakailangang sumalungat kayo sa Diyos sa ganitong paraan?

**ANG MGA SALITA NI CRISTO
NANG SIYA'Y NAGLAKAD
SA MGA IGLESIA**

II

(NOBYEMBRE 1992 HANGGANG HUNYO 1993)

Gawain at Pagpasok 1

Mula pa nang ang mga tao ay nagsimulang tumahak sa tamang landas ng paniniwala sa Diyos, nananatiling hindi malinaw sa kanila ang maraming bagay. Sila ay ganap pa ring nalalabuan tungkol sa gawain ng Diyos, at tungkol sa marami sa gawain na dapat nilang gawin. Sa isang banda, ito ay dahil sa pagkalihis ng kanilang karanasan at sa mga limitasyon sa kanilang kakayahang tumanggap; sa kabilang banda, ito ay dahil hindi pa nadala ng gawain ng Diyos ang mga tao sa yugtong ito. Kaya, ang lahat ng tao ay hindi maliwanag tungkol sa karamihan ng espirituwal na mga bagay. Hindi lamang sa hindi malinaw sa inyo kung ano ang inyong dapat pasukan; lalo pa kayong mangmang tungkol sa gawain ng Diyos. Ito ay hindi lamang dahil sa mga pagkukulang na nasa sa inyo: Ito ay isang malaking kapintasan na nasa lahat niyaong nasa mundo ng relihiyon. Naririto ang susi kung bakit hindi kilala ng mga tao ang Diyos, kaya't ang kapintasang ito ay ang pare-parehong depekto ng lahat niyaong naghahanap sa Kanya. Walang isa mang tao ang kailanman ay nakakilala sa Diyos, o kailanman ay nakakita sa Kanyang tunay na mukha. Dahil dito kung kaya't ang gawain ng Diyos ay nagiging kasinghirap ng paglilipat ng isang bundok o pag-aalis ng tubig ng dagat. Napakaraming tao ang nagsakripisyo ng kanilang mga buhay para sa gawain ng Diyos; napakarami ang pinaalis nang dahil sa Kanyang gawain; napakarami ang pinahirapan hanggang mamatay, para sa kapakanan ng Kanyang gawain; napakarami ang namatay nang di-makatarungan, na ang kanilang mga mata ay puno ng luha ng pag-ibig para sa Diyos; napakarami ang nakatagpo ng malupit at di-makataong pag-uusig.... Na ang mga trahedyang ito ay sumapit—hindi ba ang lahat ay dahil sa kakulangan ng kaalaman ng mga tao tungkol sa Diyos? Paanong ang isang tao na hindi kilala ang Diyos ay magkakaroon ng mukha na ihaharap sa Kanya? Paanong ang isang tao na naniniwala sa Diyos datapwa't umuusig sa Kanya ay magkakaroon ng mukhang ihaharap sa Kanya? Ang mga ito ay hindi lamang mga kakulangan niyaong mga nasa loob ng mundo ng relihiyon, bagkus ay parehong nasa inyo at nasa kanila. Naniniwala ang mga tao sa Diyos nang hindi Siya nakikilala; ito lamang ang dahilan kung bakit hindi nila iginagalang ang Diyos sa kanilang mga puso, at hindi Siya kinatatakutan sa kanilang mga puso. May mga tao pa nga na hayagan at walang hiya-hiyang gumagawa ng gawain na naguni-guni nila nang mag-isa sa loob ng daloy na ito, at gumagawa ng gawaing itinagubilin ng Diyos ayon sa kanilang sariling mga hinihingi at labis-labis na mga ninanasa. Maraming tao ang kumikilos nang magaspang, walang pagpapahalaga sa Diyos bagkus ay sinusunod ang kanilang sariling kalooban. Hindi ba't ang mga halimbawang ito ay mga perpektong pagpapamalas ng makasariling mga puso ng mga tao? Hindi ba inihahayag ng mga halimbawang ito ang sobrang masaganang elemento ng panlilinlang na taglay ng mga tao? Tunay ngang ang mga tao ay maaaring napakatalino, nguni't paano maaaring halinhinan ng kanilang mga kaloob ang gawain ng Diyos? Maaari ngang tunay na nagmamalasakit ang mga tao sa pasanin ng Diyos, nguni't hindi sila maaaring kumilos

nang masyadong makasarili. Talaga bang ang mga gawa ng mga tao ay mala-Diyos? Maaari bang ang sinuman ay maging isandaang porsiyentong sigurado? Ang magpatotoo sa Diyos, ang magmana ng Kanyang kaluwalhatian—ito ay pagtatangi ng Diyos at pag-aangat sa mga tao; paano magiging karapat-dapat ang mga tao? Kasisimula pa lamang ng gawain ng Diyos, at ang Kanyang mga salita ay nagsisimula pa lamang na mabigkas. Sa puntong ito, maganda ang pakiramdam ng mga tao sa kanilang mga sarili, ngunit hindi ba ito isang bagay lang na magsasanhi ng kahihyan? Masyadong kaunti ang kanilang naiintindihan. Kahit na ang pinakamagaling na teoretista, ang pinakamatatas na mananalumpati, ay hindi makakapaglarawan ng lahat ng kasaganaan ng Diyos, mas lalo pa kaya kayo? Hindi ninyo dapat pahalagahan ang inyong sarili nang mas mataas pa kaysa langit, bagkus ay tingnan ang inyong mga sarili na mas mababa pa kaysa sa sinumang mga makatwirang taong iyon na naghahangad na mahalin ang Diyos. Ito ang landas kung saan kayo ay papasok: ang makita ang inyong mga sarili na higit na mas mababa kaysa sa lahat ng iba. Bakit napakataas ng tingin ninyo sa inyong mga sarili? Bakit ninyo pinahahalagahan nang ganoon kataas ang inyong mga sarili? Sa mahabang lakbayin ng buhay, kasisimula pa lamang ninyong humakbang nang kaunti. Braso lamang ng Diyos ang nakikita ninyo, hindi ang kabuuan ng Diyos. Marapat lamang na makita ninyo ang mas marami pang gawain ng Diyos, upang matuklasan ninyo nang higit pa kung ano ang dapat ninyong pasukin, dahil napakaliit pa lamang ang inyong ipinagbago.

Habang pineperpekto ng Diyos ang tao at binabago ang disposisyon nito, hindi tumitigil kailanman ang Kanyang gawain, sapagka't ang tao ay nagkukulang sa napakaraming paraan at nagkukulang nang labis sa mga pamantayang itinakda Niya. Kaya't masasabi, na sa mga mata ng Diyos, magiging mga bagong panganak na sanggol kayo magpakailanman, nagtataglay ng napakakaunti sa mga sangkap na nakapagpapalugod sa Kanya, dahil kayo ay walang iba kundi mga nilikha sa mga kamay ng Diyos. Kung ang isa ay naging kampante, hindi ba siya kasusuklaman ng Diyos? Ang sabihing nakakaya ninyong bigyang-kaluguran ang Diyos ngayon ay pagsasalita mula sa limitadong perspektibo ng inyong katawang gawa sa laman; kung talagang ihahambing kayo laban sa Diyos, palagi kayong matatalo magpakailanman sa larangan. Ang laman ng tao kailanman ay hindi nakaranas kahit minsan ng tagumpay. Kapag gumagawa ang Banal na Espiritu sa tao, saka lamang posible para sa tao na magkaroon ng mabubuting katangian. Sa katunayan, sa lahat ng napakaraming bagay sa sangnilikha ng Diyos, pinakamababa ang tao. Kahit na siya ang panginoon ng lahat ng bagay, nag-iisa ang tao sa gitna ng mga iyon na napapasailalim sa panlalansi ni Satanas, ang nag-iisang nagiging biktima ng walang-katapusang mga paraan nito ng pagtitiwali. Ang tao kailanman ay hindi nagkaroon ng kataas-taasang kapangyarihan sa sarili niya. Karamihan sa mga tao ay nakatira sa mabahong lugar ni Satanas, at nagdurusa ng pangungutya nito; sila'y tinutukso nito sa ganito at ganoong paraan hanggang sila ay maging agaw-buhay, nagtitiis ng bawat malaking pagbabago, ng bawat paghihirap sa mundo ng tao. Matapos silang paglaruan, tinatapos na ni Satanas ang kanilang tadhana.

Kaya't ginugugol ng mga tao ang kanilang buong buhay sa kalituhan, hindi nila kailanman natatamasa ang magagandang bagay na inihanda ng Diyos para sa kanila, bagkus ay napipinsala ni Satanas at naiiwang gula-gulanit. Ngayon sila ay naging napakahina at walang-sigla kaya't wala nang ganang pansinin ang gawain ng Diyos. Kung ang mga tao ay walang ganang pansinin ang gawain ng Diyos, ang kanilang pagdanas ay magpakailanmang mananatiling pira-piraso at hindi buo, at ang kanilang pagpasok ay magpakailanmang magiging walang laman. Sa loob ng ilang libong taon simula nang pumarito sa daigdig ang Diyos, ang anumang bilang ng mga tao na may matayog na mga simulain ay ginamit ng Diyos upang gumawa para sa Kanya sa anumang bilang ng mga taon; nguni't yaong may alam sa Kanyang gawain ay napakakaunti na halos ay wala. Dahil dito, hindi mabilang na mga tao ang lumalaban sa Diyos habang gumagawa sila para sa Kanya, sapagka't, sa halip na gawin ang Kanyang gawain, sila'y aktwal na gumagawa ng gawain ng tao sa posisyong ipinagkaloob ng Diyos. Maaari ba itong tawaging gawain? Paano sila makakapasok sa loob? Kinuha ng sangkatauhan ang biyaya ng Diyos at ito ay ibinaon. Dahil dito, sa loob ng mga nakaraang henerasyon yaong mga gumagawa ng Kanyang gawain ay nakapasok lamang nang bahagya. Sila ay hindi man lamang nagsasalita tungkol sa pagkakilala sa gawain ng Diyos, dahil masyadong kakaunti ang kanilang nauunawaan sa karunungan ng Diyos. Maaaring masabi na, bagaman maraming naglilingkod sa Diyos, nabigo silang makita kung gaano Siya kadakila, at ito ang dahilan kaya nagkunwari silang lahat na Diyos para sambahin ng iba.

Sa loob ng napakaraming taon nanatiling nakatago ang Diyos sa loob ng sangnilikha; mula sa likod ng tumatalukbong na hamog ay nagmasid Siya sa pagdaan ng maraming tagsibol at taglagas; napakaraming araw at gabi Siyang tumingin sa ibaba mula sa ikatlong langit; lumakad Siya kasama ng mga tao nang napakaraming buwan at taon. Umupo Siya sa ibabaw ng lahat ng tao, tahimik na naghihintay nang napakaraming magiginaw na taglamig. Hindi Niya kailanman ipinakita nang lantaran kahit minsan ang Sarili Niya kaninuman, ni gumawa ng anumang ingay, at umaalis Siya nang walang palatandaan at kasingtahimik na nagbabalik. Sino ang maaaring makakilala sa Kanyang tunay na mukha? Hindi kailanman Siya nagsalita kahit minsan sa tao, ni minsan ay hindi kailanman nagpakita sa tao. Gaano kadali para sa mga tao na gawin ang gawaing itinagubilin ng Diyos? Bahagya lamang nilang natatanto na ang kilalanin Siya ang pinakamahirap na bagay sa lahat. Ngayon ang Diyos ay nagsalita na sa tao, nguni't hindi Siya kailanman nakilala ng tao, sapagka't ang kanyang pagpasok sa buhay ay masyadong limitado at mababaw. Mula sa Kanyang perspektibo, ang mga tao ay ganap na hindi nararapat magpakita sa harap ng Diyos. Masyadong maliit ang kanilang pagkaunawa sa Diyos at masyado silang nahiwalay mula sa Kanya. Bukod dito, ang kanilang mga puso na naniniwala sa Diyos ay masyadong kumplikado, at sadyang hindi nila taglay ang larawan ng Diyos sa kaibuturan ng kanilang mga puso. Bilang resulta, ang napakaingat na pagsisikap ng Diyos, at ang Kanyang gawain, tulad ng mga pira-pirasong gintong

nakabaon sa ilalim ng buhanginan, ay hindi makakapagsilay ng munti mang sinag ng liwanag. Para sa Diyos, ang kakayahan, mga motibo, at mga pananaw ng mga taong ito ay karima-rimarim sa kasukdulan. Dahil naghihikahos sa kanilang kapasidad na tumanggap, hindi nakakaramdam hanggang sa punto ng pagiging manhid, hamak at masama, sobra-sobrang sunud-sunuran, mahina at walang determinasyon, kailangan silang akayin gaya ng pag-akay sa mga baka at kabayo. Pagdating naman sa kanilang pagpasok sa espiritu, o pagpasok sa gawain ng Diyos, hindi sila nag-uukol kahit katiting na pansin, hindi nagtataglay ni katiting na paninindigang magdusa alang-alang sa katotohanan. Ang gawing ganap ang ganitong uri ng tao ay hindi magiging madali para sa Diyos. Kaya mahalaga na inyong italaga ang inyong pagpasok mula sa anggulong ito—na sa pamamagitan ng inyong gawain at ng inyong pagpasok ay inyong makilala ang gawain ng Diyos.

Gawain at Pagpasok 2

Ang inyong gawain at pagpasok ay medyo hamak; hindi pinahahalagahan ng tao kung paano gumawa at mas wala pa silang habas pagdating sa pagpasok sa buhay. Hindi ito itinuturing ng tao bilang mga aral na dapat nilang pasukin; kaya, sa iyong karanasan, halos lahat ng nakikita ng tao ay mga walang-kabuluhang malikmata. Di-gaanong marami ang hinihiling sa inyo kung gawain ang pag-uusapan, ngunit, bilang isang taong gagawing perpekto ng Diyos, dapat ninyong matutuhan ang inyong mga aral tungkol sa paggawa para sa Diyos upang kayo ay maging kaayon ng kalooban ng Diyos sa lalong madaling panahon. Sa nagdaang mga kapanahunan, yaong mga gumawa ay tinawag nang mga manggagawa o apostol, na mga salitang tumutukoy sa maliit na bilang ng mga taong kinakasangkapan ng Diyos. Gayunman, ang gawaing binabanggit Ko ngayon ay hindi lamang tumutukoy sa mga manggagawa o apostol, kundi sa halip ay patungkol ito sa lahat ng gagawing perpekto ng Diyos. Marahil ay maraming di-gaanong interesado rito, ngunit, para sa kapakanan ng pagpasok, pinakamainam na pag-usapan ang katotohanan hinggil sa bagay na ito.

Hinggil sa gawain, naniniwala ang tao na ang gawain ay pumaroo't parito para sa Diyos, mangaral sa lahat ng dako, at gumugol para sa Kanyang kapakanan. Bagama't ang paniniwalang ito ay tama, masyado itong may pinapanigan; ang hinihiling ng Diyos sa tao ay hindi lamang ang magparoo't parito para sa Diyos; higit pa rito, ang gawaing ito ay may kinalaman sa ministeryo at pagtustos sa loob ng espiritu. Maraming kapatid, kahit pagkaraan nitong lahat ng taon ng karanasan, ang hindi nakaisip na gumawa para sa Diyos, dahil ang gawaing iniisip ng tao ay hindi tumutugma sa hinihiling ng Diyos. Samakatuwid, hindi interesado ang tao sa anupamang patungkol sa gawain, at ito mismo ang dahilan kaya medyo may pinapanigan din ang pagpasok ng tao. Dapat ninyong simulang lahat ang inyong pagpasok sa paggawa para sa Diyos, upang mas mainam

ninyong maranasan ang lahat ng aspeto ng karanasan. Ito ang dapat ninyong pasukin. Ang gawain ay tumutukoy hindi sa pagparoo't parito para sa Diyos, kundi sa kung ang buhay ng tao at ang isinasabuhay ng tao ay nagbibigay ng kasiyahan sa Diyos. Ang gawain ay tumutukoy sa paggamit ng tao ng kanilang katapatan sa Diyos at sa kanilang kaalaman sa Diyos upang magpatotoo tungkol sa Diyos, at magministeryo din sa tao. Ito ang responsibilidad ng tao at ito ang dapat maunawaan ng lahat ng tao. Maaaring sabihin ng isang tao na ang pagpasok ninyo ang inyong gawain, at na naghahangad kayong pumasok sa panahon ng inyong paggawa para sa Diyos. Ang pagdanas sa gawain ng Diyos ay hindi lamang nangangahulugan na marunong kayong kumain at uminom ng Kanyang salita; ang mas mahalaga, kailangan ninyong malaman kung paano magpatotoo tungkol sa Diyos at makapaglingkod sa Diyos at makapagministeryo at makapaglaan sa tao. Ito ang gawain, at ito rin ang inyong pagpasok; ito ang dapat isakatuparan ng bawat tao. Marami ang nakatuon lamang sa pagparoo't parito para sa Diyos at pangangaral sa lahat ng dako, subalit hindi pinapansin ang kanilang personal na karanasan at kinaliligtaan ang kanilang pagpasok sa espirituwal na buhay. Ito ang dahilan kaya yaong mga naglilingkod sa Diyos ay naging yaong mga lumalaban sa Diyos. Ang mga taong ito, na naglilingkod na sa Diyos at nagmiministeryo sa tao sa loob ng napakaraming taon, ay itinuring na lamang na pagpasok ang paggawa at pangangaral, at walang sinumang nagturing sa kanilang indibiduwal na espirituwal na karanasan bilang isang mahalagang pagpasok. Sa halip, itinuring na nila ang kaliwanagang natatamo nila mula sa gawain ng Banal na Espiritu bilang puhunan para magturo sa iba. Kapag nangangaral, lubha silang nabibigatan at tinatanggap nila ang gawain ng Banal na Espiritu, at sa pamamagitan nito ay inilalabas nila ang tinig ng Banal na Espiritu. Sa sandaling ito, yaong mga gumagawa ay kampante na, na para bang naging indibiduwal na espirituwal na karanasan na nila ang gawain ng Banal na Espiritu; pakiramdam nila ay nabibilang sa kanilang indibiduwal na pagkatao ang lahat ng salitang kanilang sinasambit, ngunit para bang ang sarili nilang karanasan ay hindi kasinglinaw ng kanilang nailarawan. Bukod dito, bago magsalita ay wala silang malay kung ano ang kanilang sasabihin, ngunit kapag gumagawa sa kanila ang Banal na Espiritu, tuluy-tuloy na dumadaloy palabas ang kanilang mga salita. Matapos kang makapangaral nang minsan sa gayong paraan, pakiramdam mo ay hindi kasingliit ng iyong akala ang iyong aktwal na katayuan, at tulad sa isang sitwasyon kung saan ilang beses nang gumawa sa iyo ang Banal na Espiritu, saka mo nalalaman na mayroon ka nang tayog at nagkakamali kang maniwala na ang gawain ng Banal na Espiritu ay ang iyong sariling pagpasok at iyong sariling pagkatao. Kapag palagi mo itong nararanasan, magiging pabaya ka tungkol sa iyong sariling pagpasok, magiging tamad nang hindi mo napapansin, at hindi mo na pahahalagahan kahit kaunti ang iyong sariling pagpasok. Dahil dito, kapag nagmiministeryo ka sa iba, kailangan mong malinaw na makatukoy sa pagitan ng iyong tayog at ng gawain ng Banal na Espiritu. Mas mapapadali nito ang iyong pagpasok at maghahatid ng higit na pakinabang sa iyong karanasan. Kapag itinuring ng tao na indibiduwal nilang karanasan ang gawain ng Banal na

Espiritu, pinagmumulan ito ng kabuktutan. Kaya nga sinasabi Ko, anumang tungkulin ang inyong ginagampanan, dapat ninyong ituring ang inyong pagpasok bilang isang mahalagang aral.

Gumagawa ang isang tao upang palugurin ang kalooban ng Diyos, upang dalhin ang lahat ng kaayon ng puso ng Diyos sa Kanyang harapan, upang dalhin ang tao sa Diyos, at upang ipakilala ang gawain ng Banal na Espiritu at patnubay ng Diyos sa tao, at sa gayon ay napeperpekto ang mga bunga ng gawain ng Diyos. Samakatuwid, mahalagang ganap ninyong malinawan ang diwa ng gawain. Bilang isang taong kinakasangkapan ng Diyos, lahat ng tao ay karapat-dapat na gumawa para sa Diyos, ibig sabihin, lahat ay may pagkakataong kasangkapanin ng Banal na Espiritu. Gayunman, may isang punto kayong kailangang matanto: Kapag ginagawa ng tao ang gawaing itinagubilin ng Diyos, nabigyan na ng pagkakataon ang tao na kasangkapanin ng Diyos, ngunit ang sinasabi at alam ng tao ay hindi ang buong tayog ng tao. Ang tanging magagawa ninyo ay mas alamin ang inyong mga kakulangan habang ginagawa ninyo ang inyong gawain, at tanggapin ang higit na kaliwanagan mula sa Banal na Espiritu. Sa ganitong paraan, mas mahusay kayong makakapasok sa paggawa ng inyong gawain. Kung itinuturing ng tao ang patnubay na nagmumula sa Diyos bilang sarili nilang pagpasok at bilang isang bagay na likas sa kanilang kalooban, walang potensyal na lumago ang tayog ng tao. Ang kaliwanagang ibinibigay ng Banal na Espiritu sa tao ay nagaganap kapag siya ay nasa normal na kalagayan; sa gayong mga pagkakataon, madalas mapagkamalan ng tao ang kaliwanagang natatanggap niya bilang sarili niyang aktwal na tayog, dahil ang paraan na nagbibigay ng liwanag ang Banal na Espiritu ay lubhang normal, at ginagamit Niya kung ano ang likas sa kalooban ng tao. Kapag gumagawa at nagsasalita ang tao, o kapag nagdarasal sila at gumagawa ng kanilang mga espirituwal na debosyon, biglang lumilinaw sa kanila ang isang katotohanan. Gayunman, ang totoo ay nakikita lamang ng tao ang kaliwanagang bigay ng Banal na Espiritu (natural, ang kaliwanagang ito ay konektado sa pakikipagtulungan ng tao) at hindi kumakatawan sa tunay na tayog ng tao. Pagkaraan ng isang panahon ng karanasan kung saan nakakaharap ng tao ang ilang paghihirap at pagsubok, ang tunay na tayog ng tao ay lumilitaw sa ilalim ng gayong mga pangyayari. Noon lamang matutuklasan ng tao na ang kanyang tayog ay hindi gaanong mataas, at lumalabas lahat ang pagkamakasariili, personal na mga pagsasaalang-alang, at kasakiman ng tao. Pagkaraan lamang ng ilang ulit na mga karanasang katulad nito matatanto ng marami sa mga napukaw sa loob ng kanilang espiritu na ang kanilang naranasan noong araw ay hindi ang sarili nilang indibiduwal na realidad, kundi isang panandaliang pagpapalinaw ng Banal na Espiritu, at na natanggap lamang ng tao ang liwanag na ito. Kapag nililiwanagan ng Banal na Espiritu ang tao upang maunawaan ang katotohanan, kadalasa'y sa malinaw at kaibang paraan, nang hindi ipinaliliwanag kung paano nangyari ang mga bagay-bagay o kung saan patungo ang mga ito. Ibig sabihin, sa halip na isama ang mga paghihirap ng tao sa paghahayag na ito, tuwiran Niyang inihahayag ang katotohanan. Kapag naharap ang tao sa mga paghihirap sa proseso ng

pagpasok, at pagkatapos ay isinasama niya ang kaliwanagang bigay ng Banal na Espiritu, nagiging aktwal na karanasan ito ng tao. Halimbawa, ganito ang sinabi ng isang kapatid na dalaga sa pagbabahagi: “Hindi tayo naghahangad ng kaluwalhatian at kayamanan o nag-iimbot sa kaligayahan ng pag-iibigan sa pagitan ng mag-asawa; hinahangad lamang natin na mag-ukol ng isang pusong dalisay at tapat sa Diyos.” Nagpatuloy siya sa pagsasabing: “Kapag nag-asawa na ang mga tao, marami silang nararanasang problema, at ang kanilang pusong nagmamahal sa Diyos ay hindi na tapat. Laging nakatuon ang puso nila sa kanilang pamilya at asawa, kaya nga lalo pang nagiging kumplikado ang kanilang mundo....” Habang nagsasalita siya, para bang ang namutawi sa kanyang bibig ay ang nadarama ng kanyang puso; ang mga salita niya ay tumataginting at makapangyarihan, na para bang lahat ng kanyang sinabi ay nagmula sa kaibuturan ng kanyang puso, at para bang taimtim niyang hinahangad na italaga nang lubusan ang kanyang sarili sa Diyos at umaasa siya na gayon din ang matibay na ipasiya ng mga kapatid na katulad niya. Masasabi na ang iyong matibay na pagpapasiya at ang maantig sa sandaling ito ay lubos na nagmumula sa gawain ng Banal na Espiritu. Kapag nagbago ang pamamaraan ng gawain ng Diyos, tumanda ka na rin nang ilang taon; nakikita mo na lahat ng kaklase at kaibigan mo na kaedad mo ay nakapag-asawa na, o naririnig mo na nag-asawa na si ganito at ganoon, dinala siya ng kanyang asawa upang manirahan sa lungsod at nakakita siya ng trabaho roon. Kapag nakita mo siya, nagsisimula kang mainggit, dahil nakikita mo na siya ay kahali-halina at maganda ang tindig mula ulo hanggang paa, at kapag kinakausap ka niya, makamundo ang kanyang talino, hindi na mukhang probinsyana. Pumupukaw ito ng mga damdamin sa iyo. Ikaw, na gumugol sa Diyos simula’t sapul, ay walang pamilya o propesyon, at nagtiis na ng napakaraming pakikitungo; matagal-tagal ka nang sumapit sa katanghaliang gulang, at unti-unti nang naglaho ang iyong kabataan, na para bang nananaginip ka. Ngayon, dahil nakarating ka na rito sa kasalukuyan pagkaraan ng mahabang paglalakbay, hindi mo alam kung saan ka pipirmi. Sa sandaling ito, naguguluhan ka, na para bang ikaw ay nahihibang. Nag-iisa at hindi makatulog nang mahimbing, nahihirapang matulog sa buong magdamag, ikaw, bago mo pa mamalayan ay nagsisimulang mag-isip tungkol sa iyong matibay na pagpapasiya at sa iyong taimtim na mga panata sa Diyos, at gayunpaman, bakit sumapit sa iyo ang gayong nakapanlulumong kalagayan? Hindi mo namamalayan, lihim na tumutulo ang mga luha at lubha kang nasasaktan. Nang lumapit ka sa Diyos upang manalangin, naalala mo, noong panahon na kasama mo ang Diyos, kung gaano kayo kalapit at hindi mapaghiwalay. Magkakasunod na lumilitaw ang mga tagpo sa iyong paningin, at ang sumpang ginawa mo sa araw na iyon ay muling umaalingawngaw sa iyong pandinig, “Hindi ba ang Diyos ang kaisa-isa kong kaniig?” Sa pagkakataong ito, humahagulgol ka na: “Diyos ko! Minamahal na Diyos! Naipagkaloob ko na nang buong-buo ang puso ko sa Iyo. Nais kong maipangako ako sa Iyo magpakailanman, at mamahalin Kita palagi habang ako’y nabubuhay....” Nang ikaw ay magpunyagi sa matinding pagdurusang iyon, saka mo lamang talaga nadama kung

gaano kaibig-ibig ang Diyos, at noon mo lamang malinaw na natanto: Matagal ko nang ipinagkaloob sa Diyos ang lahat-lahat sa akin. Pagkatapos matiis ang gayong dagok, mas lalo kang nagkaroon ng karanasan pagdating sa mga bagay na ito, at nakikita mo na ang gawain ng Banal na Espiritu noon ay hindi isang bagay na taglay ng tao. Sa iyong mga karanasan pagkaraan nito, hindi ka na mapipigilan sa aspetong ito ng pagpasok; para bang ang mga pilat mula sa dati mong mga sugat ay nakabuti nang husto sa iyong pagpasok. Tuwing nahaharap ka sa ganitong sitwasyon, agad mong maaalala ang iyong mga luha sa araw na iyon, na para bang nakapiling mong muli ang Diyos matapos kang mahiwalay, at palagi kang natatakot na baka muling maputol ang iyong relasyon sa Diyos at mapinsala ang madamdaming kaugnayan (normal na relasyon) sa pagitan mo at ng Diyos. Ito ang iyong gawain at iyong pagpasok. Samakatuwid, kasabay ng pagtanggap ninyo sa gawain ng Banal na Espiritu, dapat ninyong higit na pahalagahan ang inyong pagpasok, na nakikita kung ano talaga ang gawain ng Banal na Espiritu at kung ano ang inyong pagpasok, gayundin ang pagsasama ng gawain ng Banal na Espiritu sa inyong pagpasok, upang magawa kayong perpekto ng Banal na Espiritu sa mas marami pang paraan at upang ang diwa ng gawain ng Banal na Espiritu ay magawa sa inyo. Habang nararanasan ninyo ang gawain ng Banal na Espiritu, makikilala ninyo ang Banal na Espiritu, pati na rin ang inyong sarili, at bukod pa ryan, sa gitna ng napakaraming ulit na matitinding pagdurusa, magkakaroon kayo ng normal na relasyon sa Diyos, at ang relasyon ninyo ng Diyos ay mas magkakalapit araw-araw. Pagkaraan ng napakaraming pagkakataon ng pagtatabas at pagpipino, magkakaroon kayo ng tunay na pagmamahal sa Diyos. Kaya kailangan ninyong matanto na ang pagdurusa, pananakit, at mga kapighatian ay hindi dapat katakutan; ang nakakatakot ay ang pagkakaroon lamang ng gawain ng Banal na Espiritu ngunit hindi ng inyong pagpasok. Pagdating ng araw na tapos na ang gawain ng Diyos, mawawalan ng kabuluhan ang inyong pagpapagal; bagama't nararanasan ninyo ang gawain ng Diyos, hindi ninyo makikilala ang Banal na Espiritu o hindi pa kayo nagkakaroon ng sarili ninyong pagpasok. Ang kaliwanagang ginagawa ng Banal na Espiritu sa tao ay hindi upang panatilihin ang hilig ng tao, kundi upang magbukas ng landas para sa pagpasok ng tao, gayundin upang tulutan ang tao na makilala ang Banal na Espiritu, at mula sa puntong ito ay magkaroon ng pagpipitagan at pagsamba sa Diyos.

Gawain at Pagpasok 3

Malaki ang ipinagkatiwala ng Diyos sa mga tao at nagsalita na rin Siya tungkol sa kanilang pagpasok sa di-mabilang na mga paraan. Ngunit dahil ang kakayahan ng mga tao ay lubhang mahina, marami sa mga salita ng Diyos ang nabigong mag-ugat. Iba-iba ang dahilan ng mahinang kakayahang ito, tulad ng katiwalian sa kaisipan ng tao at moralidad, at kakulangan ng tamang pagpapalaki; pyudal na mga pamahiin na lubhang

nakahawak sa puso ng tao; ubod ng sama at bulok na mga paraan ng pamumuhay na nagbunga ng maraming kasamaan sa pinakamalalim na mga sulok ng puso ng tao; mababaw na kaalaman sa kultura, kung saan halos siyamnapu't walong porsiyento ng mga tao ang kulang sa kaalaman sa kultura at, higit pa rito, iilan lamang ang nakatatanggap ng mas mataas na antas ng edukasyong pangkultura. Kaya nga walang ideya ang mga tao kung ano ang kahulugan ng Diyos o ng Espiritu, at sa halip ay mayroon lamang isang malabo at hindi maliwanag na larawan ng Diyos na nakuha mula sa pyudal na mga pamahiin. Ang mga mapanirang impluwensya ng libu-libong taon na “matayog na diwa ng pagiging makabayan” ay malalim na tumimo sa puso ng tao, at pati na rin ang pyudal na pag-iisip kung saan ang mga tao ay nakatali at nakakadena, wala ni gatuldok na kalayaan, walang kagustuhang maghangad o magtiyaga, walang pagnanais na umunlad, at sa halip ay nananatiling walang-pagkilos at paurong, nakabaon sa kaisipan ng isang alipin, at iba pa—ang obhetibong mga salik na ito ay nag-iwan ng di-mabuburang bakas ng karumihan at kapangitan sa ideolohikal na pananaw, mga huwaran, moralidad, at disposisyon ng sangkatauhan. Tila nakatira ang mga tao sa isang madilim na mundo ng terorismo, na hindi hinahangad na malampasan ng sinuman sa kanila, at hindi iniisip na iwan ng sinuman sa kanila para sa isang huwarang mundo; sa halip, kuntento na sila sa kanilang kalagayan sa buhay, sa paggugol ng kanilang mga araw sa panganganak at pagpapalaki ng mga anak, pagsusumikap, pagpapapawis, sa pagtapos ng mga gawain, pangangarap ng isang maginhawa at masayang pamilya, ng pagmamahal ng asawa, ng paggalang ng mga anak sa kanilang mga magulang, ng kagalakan sa kanilang katandaan habang matiwasay na namumuhay.... Sa loob ng mga dekada, ng libu-libo, sampu-sampung libong taon hanggang sa ngayon, inaaksaya na ng mga tao ang kanilang oras sa ganitong paraan, na walang sinuman ang lumilikha ng isang perpektong buhay, lahat ay naghahangad lamang na makipagpatayan sa madilim na mundong ito, nakikipagkarera para sa katanyagan at kapalaran, at nang-iintriga laban sa isa't isa. Sino ang naghanap na sa kalooban ng Diyos? Mayroon na bang nagbigay-pansin sa gawain ng Diyos? Ang lahat ng bahagi ng sangkatauhan na sinakop ng impluwensiya ng kadiliman ay matagal nang naging kalikasan ng tao, kaya napakahirap na isakatuparan ang gawain ng Diyos, at lalo pang walang pagnanais ang mga tao na bigyang-pansin ang ipinagkatiwala ng Diyos sa kanila ngayon. Kung anuman, sa tingin Ko ay ayos lamang sa mga tao ang pagbigkas Ko ng mga salitang ito dahil ang sinasabi Ko ay tungkol sa kasaysayan ng libu-libong taon. Ang pagsasalita tungkol sa kasaysayan ay pagsasalita tungkol sa mga bagay na napatunayan at, higit pa rito, mga iskandalo na alam na alam na ng lahat, kaya ano ang punto sa pagsasalita ng salungat sa katunayan? Pero naniniwala rin Ako na kapag nakita ang mga salitang ito ng mga taong may matinong pag-iisip ay magigising at magsisikap sila para umunlad. Umaasa ang Diyos na ang mga tao ay makakapamuhay at makagagawa sa kapayapaan at kasiyahan habang kasabay na minamahal ang Diyos. Kalooban ng Diyos na ang buong sangkatauhan ay maaaring makapasok sa kapahingahan; higit pa rito, dakilang hangarin ng Diyos na mapuspos ng kaluwalhatian

ng Diyos ang buong lupain. Nakakalungkot lamang na ang mga tao ay nananatiling nakalubog sa pagkalimot at di-napupukaw, labis na nagawang tiwali ni Satanas na ngayon ay wala na silang wangis ng mga tao. Kaya ang kaisipan, moralidad at edukasyon ng tao ay bumubuo ng isang mahalagang ugnayan, kasama ng pagsasanay sa kamulatan sa kultura na bumubuo ng ikalawang ugnayan, para mas mahusay na maitaas ang kakayahan sa kultura ng mga tao at mabago ang kanilang espirituwal na pananaw.

Ang totoo, hindi naman ganoon kataas ang hinihingi ng Diyos sa sangkatauhan, pero dahil sa napakalaki ng agwat sa pagitan ng kakayahan ng mga tao at ng pamantayang itinakda ng Diyos, karamihan sa mga tao ay tumitingin lamang sa direksiyon ng mga hinihingi ng Diyos pero walang kakayahang tuparin ang mga iyon. Ang mga likas na kaloob ng mga tao, kasama ng mga ibinigay sa kanila matapos silang ipanganak, ay napakalayong maging sapat para matugunan ang mga hinihingi ng Diyos. Pero ang kilalanin lamang ang puntong ito ay hindi isang siguradong solusyon. Ang malayong tubig ay hindi makakapawi ng agarang uhaw. Kahit na alam ng mga tao na sila ay mababa sa alabok, kung wala silang kapasyahan na bigyang-kasiyahan ang puso ng Diyos, lalo na ang tahakin ang mas mahusay na daan para matugunan ang mga hinihingi ng Diyos, ano ang halaga ng gayong uri ng kaalaman? Hindi ba tulad iyan ng pagsalok ng tubig gamit ang isang salaan—isang ganap na walang-saysay na pagsisikap? Ang pinakabuod ng Aking sinasabi ay may kinalaman sa pagpasok; iyan ang pangunahing paksa.

Sa panahon ng pagpasok ng tao, ang buhay ay palaging nakakabagot, puno ng mga walang-pagbabagong elemento ng espirituwal na buhay, katulad ng pananalangin, pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, o pagbuo ng mga pagtitipon, kaya't palaging nadarama ng mga tao na ang paniniwala sa Diyos ay hindi nagdudulot ng malaking kasiyahan. Ang gayong mga espirituwal na gawain ay laging isinasagawa batay sa orihinal na disposisyon ng sangkatauhan, na ginawa nang tiwali ni Satanas. Bagaman paminsan-minsan ay nakakatanggap ang mga tao ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu, ang kanilang orihinal na pag-iisip, disposisyon, paraan ng pamumuhay at mga kaugalian ay nag-uugat pa rin sa kaloob-looban, kaya't ang kanilang kalikasan ay nananatiling dinagbabago. Ang kinasusuklanan ng Diyos nang higit sa lahat ay ang mga mapamahiing gawain ng mga tao, ngunit marami pa ring mga tao ang hindi kayang bumitiw sa mga iyon, iniisip na ang mga mapamahiing gawaing ito ay iniatas ng Diyos, at kahit ngayon ay hindi pa lubusang nabibitawan ang mga iyon. Ang mga bagay na kagaya ng isinasaayos ng mga kabataan para sa mga handaan sa kasal at panggayak sa mga babaeng ikakasal; mga regalong pera, mga salu-salo, at katulad na mga pamamaraan ng pagdiriwang ng masasayang okasyon; mga sinaunang pormula na ipinamana; ang lahat ng walang-kabuluhang mapamahiing gawain na isinasagawa para sa mga patay at seremonya ng paglilibing sa kanila: higit pang kinamumuhian ng Diyos ang lahat ng ito. Kahit ang araw ng pagsamba (pati na ang Sabbath, na ipinapangilin ng mundo ng relihiyon) ay kinamumuhian Niya; at lalo pang higit na kinamumuhian at tinatanggihan ng Diyos ang kaugnayang panlipunan at makamundong pag-uugnayan ng lalaki sa lalaki. Hindi iniatas

ng Diyos kahit na ang Pista ng Tagsibol at Araw ng Pasko na alam ng lahat ng tao, lalo na ang mga laruan at dekorasyon para sa magarbong mga kapistahang ito tulad ng mga pulang pabiting may tula, mga paputok, mga parol, Banal na Komunion, mga regalo sa Pasko, at mga pagdiriwang sa Pasko—hindi ba mga idolo sa isipan ng mga tao ang mga ito? Ang pagpipira-piraso ng tinapay sa araw ng Sabbath, alak, at pinong lino ay mas mariin na mga idolo. Ang lahat ng iba’t ibang tradisyonal na araw ng kapistahan na kilala sa China, tulad ng Araw ng Pagtataas ng mga Ulo ng Dragon, Pista ng mga Bangkang Dragon, Pista sa Kalagitnaan ng Taglagas, Pista ng Laba, at Araw ng Bagong Taon, at ang mga pista sa mundo ng relihiyon tulad ng Pasko ng Pagkabuhay, Araw ng Pagbibinyag, at Araw ng Pasko, ang lahat ng di-makatwirang pistang ito ay isinaayos at ipinamana mula noong unang panahon hanggang sa kasalukuyan ng maraming tao. Ang mayamang imahinasyon at malikhaing ideya ng sangkatauhan ang nagtulot na maipasa ang mga ito hanggang sa ngayon. Ang mga iyon ay tila walang kapintasan, ngunit sa katunayan ay mga panlilinlang ni Satanas sa sangkatauhan. Kapag mas higit na pinagtitipunan ng mga Satanas ang isang lokasyon, at kapag mas lipas at paurong ang lugar na iyon, mas isinasagawa ang mga pyudal na kaugalian nito. Ang mga bagay na ito ay nagbibigkis sa mga tao nang mahigpit, na hindi na sila makakilos. Tila nagpapakita ng lubhang pagiging orihinal ang marami sa mga pista sa mundo ng relihiyon at tila lumilikha ng isang tulay sa gawain ng Diyos, ngunit ang mga iyon sa katunayan ay hindi-nakikitang mga tali ni Satanas na gumagapos sa mga tao upang hindi makilala ang Diyos—ang lahat ng mga ito ay tusong panlalansi ni Satanas. Sa katunayan, kapag ang isang yugto ng gawain ng Diyos ay tapos na, nawasak na Niya ang mga kasangkapan at estilo ng panahong iyon na walang iniwang anumang bakas. Gayunman, ang “matatapat na mananampalataya” ay patuloy na sinasamba ang mga nahihipong materyal na mga bagay na iyon; samantala, isinasantabi nila sa kanilang mga isipan ang kung anong mayroon ang Diyos, hindi na ito pinag-aaralan pa, tila ba puno ng pag-ibig sa Diyos ngunit ang totoo ay matagal na nila Siyang itinulak palabas ng bahay at inilagay si Satanas sa hapag upang sambahin. Ang mga larawan ni Jesus, ang Krus, si Maria, ang Bautismo ni Jesus at ang Huling Hapunan—ang lahat ng ito ay sinasamba ng mga tao bilang Panginoon ng Langit, habang paulit-ulit na sumisigaw ng “Panginoon, Ama sa langit.” Hindi ba biro ang lahat ng ito? Hanggang ngayon, kinapopootan ng Diyos ang maraming katulad na mga pananalita at pagsasagawa na ipinamamana ng sangkatauhan, seryosong hinahadlangan ng mga iyon ang daan tungo sa Diyos at, higit pa rito ay nagiging malalaking sagabal sa pagpasok ng sangkatauhan. Bukod pa sa lawak ng ginawang pagkatiwali ni Satanas sa sangkatauhan, ang mga kalooban ng mga tao ay lubusang napuno ng mga bagay na gaya ng batas ni Witness Lee, ng mga karanasan ni Lawrence, ng mga sarbey ni Watchman Nee, at ng gawain ni Pablo. Wala talagang paraan upang gumawa ang Diyos sa mga tao dahil sa kalooban nila ay may sobrang pagkamakasariili, mga batas, mga patakaran, mga alituntunin, mga sistema, at mga tulad nito; ang mga bagay na ito, bukod pa sa hilig ng mga tao sa pyudal na mga pamahiin, ay bumihag at lumamon na sa

sangkatauhan. Ang iniisip ng mga tao ay mistulang isang kapana-panabik na pelikula na nagsasalaysay ng isang makulay na “fairy tale,” na may pambihirang mga nilalang na nakasakay sa mga ulap, napakamalikhain kaya namamangha ang mga tao, iniiwan silang tulala at hindi makapagsalita. Sa totoo lang, ang pangunahing gawain na ginagawa ng Diyos ngayon ay upang harapin at iwaksi ang mga mapamahiing katangian ng mga tao at ganap na baguhin ang kanilang pananaw sa kaisipan. Ang gawain ng Diyos ay hindi nagtagal hanggang sa ngayon dahil sa pamanang ipinasa ng sangkatauhan sa mga henerasyon; ito’y gawain na personal Niyang pinasisimulan at kinukumpleto nang hindi kinakailangan na may humalili para sa pamana ng isang partikular na dakilang espirituwal na tao, o manahin ang anumang gawain ng isang kumakatawang kalikasang ginawa ng Diyos sa ibang kapanahunan. Hindi kailangang pagkaabalahan ng mga tao ang alinman sa mga bagay na ito. Ang Diyos ngayon ay may ibang istilo ng pananalita at ng paggawa, kaya bakit ginugulo ng mga tao ang kanilang mga sarili? Kung lalakad ang mga tao sa landas ngayon na nakapaloob sa kasalukuyang agos habang ipinagpapatuloy ang pamana ng kanilang “mga ninuno,” hindi sila makakarating sa kanilang hantungan. Nakakaramdam ang Diyos ng matinding pagkasuklam para sa partikular na klase ng pag-uugali ng taong tulad nito, gaya ng pagkapoot Niya sa mga taon, mga buwan at mga araw ng mundo ng tao.

Ang pinakamahasag na paraan upang baguhin ang disposisyon ng tao ay ang pagalingin ang mga bahagi sa kaibuturan ng mga puso ng mga tao na pinakamatinding nalason, na nagpapahintulot sa mga tao na magsimulang baguhin ang kanilang pag-iisip at moralidad. Una sa lahat, kailangang malinaw na makita ng mga tao na ang lahat ng seremonyang ito ng relihiyon, mga relihiyosong gawain, mga taon at mga buwan, at mga pista ay kinasusuklaman ng Diyos. Dapat silang lumaya mula sa mga gapos na ito ng pyudal na pag-iisip at wasakin ang bawat bakas ng kanilang malalim na pagkahilig sa pamahiin. Ang lahat ng ito ay kasama sa pagpasok ng sangkatauhan. Dapat ninyong maunawaan kung bakit pinangungunahan ng Diyos ang sangkatauhan palabas sa sekular na mundo, at muli kung bakit Niya inaakay ang sangkatauhan palayo sa mga patakaran at mga alituntunin. Ito ang pintuan kung saan kayo papasok, at kahit walang kinalaman ang mga bagay na ito sa inyong espirituwal na karanasan, ang mga ito ang pinakamatinding mga bagay na humaharap sa inyong pagpasok, at humahadlang sa inyong pagkilala sa Diyos. Bumubuo ang mga iyon ng isang lambat na humuhuli sa mga tao. Maraming tao ang sobrang magbasa ng Bibliya at kaya pang bigkasin ang maraming sipi sa Bibliya mula sa memorya. Sa kanilang pagpasok ngayon, walang malay ang mga tao na ginagamit nila ang Bibliya upang sukatin ang gawain ng Diyos na parang ang batayan ng yugtong ito sa gawain ng Diyos ay ang Bibliya at ang pinagmulan nito ay ang Bibliya. Kapag ang gawain ng Diyos ay alinsunod sa Bibliya, matinding sinusuportahan ng tao ang gawain ng Diyos at tumitingin sa Kanya na may panibagong paggalang; kapag ang gawain ng Diyos ay hindi tumutugma sa Bibliya, masyadong nababahala ang mga tao na sila ay pinagpapawisan, naghahanap dito ng batayan ng

gawain ng Diyos; kung ang gawain ng Diyos ay hindi nabanggit sa Bibliya, hindi papansinin ng mga tao ang Diyos. Maaaring masabi na, kaugnay sa gawain ng Diyos sa ngayon, ang karamihan sa mga tao ay maingat na maingat na tumatanggap dito, namimili lamang ng sinusunod, at hindi interesado na malaman ito; at para sa mga bagay ng nakaraan, pinanghahawakan nila ang kalahati at tinatalikdan ang kalahati. Maaari ba itong matawag na pagpasok? Hinahawakan ang mga libro ng iba bilang mga kayamanan, at itinuturing ang mga iyon na ginintuang susi sa pasukan ng kaharian, ipinakikita lamang ng mga tao na wala silang interes sa kung ano ang hinihingi ng Diyos ngayon sa kanila. Higit pa rito, maraming “matatalinong eksperto” ang humahawak sa mga salita ng Diyos sa kanilang kaliwang kamay at sa kanang kamay ay hawak nila ang “mga obra maestra” ng iba, na parang nais nilang mahanap ang batayan ng mga salita ng Diyos ngayon sa mga obra maestrang ito upang lubos na patunayan na ang mga salita ng Diyos ay tama, at ipinaliliwanag pa nila sa iba ang mga salita ng Diyos sa pamamagitan ng pagsasama ng mga iyon sa mga obra maestra, na para bang sila ay nagtatrabaho. Sa katotohanan, maraming “siyentipikong mananaliksik” sa sangkatauhan ang hindi kailanman tinitingnan nang mataas ang mga pinakabagong siyentipikong tagumpay sa kasalukuyan, mga siyentipikong tagumpay na hindi pa nagawa noon (hal. ang gawain ng Diyos, ang mga salita ng Diyos at ang landas sa pagpasok sa buhay), kaya ang lahat ng tao ay “umaasa sa sarili,” “nangangaral” sa maraming lugar na umaasa sa kanilang galing sa pagsasalita, at ipinaparada “ang magandang pangalan ng Diyos.” Samantala, nasa panganib ang kanilang sariling pagpasok at ang distansya nila mula sa mga hinihingi ng Diyos ay tila kasinglayo ng paglikha mula sa sandaling ito. Gaano kadalang gawin ang gawain ng Diyos? Tila nakapagpasya na ang mga tao na iwanan ang kalahati ng kanilang mga sarili sa kahapon at dalhin ang kalahati sa kasalukuyan, ihatid ang kalahati kay Satanas at ihandog ang kalahati sa Diyos, na para bang ito ang paraan upang linisin ang kanilang budhi at makaramdam ng kaginhawahan. Lihim na mapanira ang panloob na mundo ng mga tao, takot silang mawala hindi lamang ang bukas kundi pati na rin ang kahapon, takot na takot na parehong masaktan si Satanas at ang Diyos ng ngayon, na tila Siya at datapwa’t hindi rin Siya. Dahil nabigo ang mga tao na linangin nang wasto ang kanilang pag-iisip at moralidad, sila ay kulang na kulang sa pagtalos, at hindi nila basta-basta masasabi kung ang gawain ng kasalukuyan ay sa Diyos ba o hindi. Ito marahil ay dahil ang pyudal at mapamahiing pag-iisip ng mga tao ay masyadong malalim kaya matagal na nilang inilagay ang pamahiin at katotohanan, at ang Diyos at mga diyos-diyosan, sa parehong kategorya; wala silang malasakit na alamin ang pagkakaiba sa pagitan ng mga bagay na ito, at tila hindi pa rin nila malaman nang malinaw ang pagkakaiba kahit na pagkatapos nilang halukayin ang kanilang mga utak. Ito ang dahilan kaya napatigil na ang mga tao sa kanilang mga landas at hindi na sumusulong. Ang lahat ng problemang ito ay galing sa kakulangan ng mga tao sa tamang uri ng ideolohikal na edukasyon, na nagdudulot ng matitinding paghihirap sa kanilang pagpasok. Bilang resulta, hindi kailanman nakadarama

ng anumang interes ang mga tao sa gawain ng tunay na Diyos, ngunit patuloy na kumakapit sa¹ gawain ng tao (tulad ng sa pananaw nila ay mga dakilang tao) na parang sila ay natatakan na nito. Hindi ba ang mga ito ang pinakabagong mga paksa na dapat pasukin ng sangkatauhan?

Gawain at Pagpasok 4

Kung tunay na ang tao ay maaaring makapasok alinsunod sa gawain ng Banal na Espiritu, ang kanyang buhay ay mabilis na uusbong tulad ng isang labong pagkatapos ng isang ulan sa tagsibol. Kung titingnan mula sa kasalukuyang mga tayog ng karamihan sa mga tao, walang sinuman ang nagbibigay ng anumang kahalagahan sa buhay, at sa halip ang pinahahalagahan ng mga tao ay ang ilang bagay na tila ba walang kahihinatnan. O nagmamadali sila parito at paroon at nagtatrabaho nang walang layon at nakikipagsapalaran na walang pagtutuo ng pansin, hindi alam kung saang direksyon tutungo at lalong hindi nalalaman kung para kanino. Sila lamang ay “mapagkumbabang nagtatago ng kanilang mga sarili.” Ang katotohanan ay iilan lamang sa inyo ang nakaaalam ng mga intensyon ng Diyos para sa huling mga araw. Bihira lamang sa inyo ang nakaaalam ng yapak ng Diyos, ngunit ang mas malala pa, walang nakaaalam kung ano ang magiging pinakahuling pagsasakatuparan ng Diyos. Ngunit sa pamamagitan lamang ng katatagan at pagtitiis, ang lahat ay sumasailalim sa disiplina at pakikitungo ng iba, na parang pinalalaki ang kanilang mga kalamnan at naghahanda para sa isang labanan¹ sa pag-asam sa oras ng kanilang tagumpay. Hindi Ako magkokomento ng anuman sa mga “kababalaghang” ito sa gitna ng mga tao, ngunit may isang punto na dapat maunawaan ninyong lahat. Karamihan sa mga tao sa sandaling ito ay pasulong na tumutungo sa abnormalidad,² at ang kanilang mga hakbang sa pagpasok ay patungo sa isang dulong walang labasan.³ Maraming tao siguro na nag-iisip na ito ang paraiso sa labas ng mundo ng tao na pinananabikan ng tao, na naniniwalang ito ang lugar ng kalayaan ngunit hindi ito totoo. O maaaring may magsabi na ang mga tao ay naligaw na ng landas. Subalit anuman ang ginagawa ng mga tao, nais Ko pa ring pag-usapan kung ano ang dapat pasukin ng tao. Hindi ang mga katangian at mga pagkukulang ng karamihan ang pangunahing paksa ng pagtalakay na ito. Umaasa Ako na ang lahat ng kapatid ay

¹ Ang “patuloy na kumakapit sa” ay ginagamit nang may panunuya. Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig na suwail at matitigas ang ulo ng mga tao, pinanghahawakan ang mga makalumang bagay at hindi nahahandang bitawan ang mga ito.

¹ Ang “pinalalaki ang kanilang mga kalamnan at naghahanda para sa isang labanan” ay ginagamit nang may panunuya.

² Ang “abnormalidad” ay nagpapahiwatig na lihis ang pagpasok ng mga tao at may-kinikilingan ang kanilang mga karanasan.

³ Ang “isang dulong walang labasan” ay nagpapahiwatig na lumalakad ang mga tao sa isang daan na pasalungat sa kalooban ng Diyos.

makakatanggap ng Aking mga salita sa tamang paraan at hindi magkakamali sa pag-unawa sa Aking hangarin.

Nagkatawang-tao ang Diyos sa kalakhang-lupain ng China, na ang tawag ng mga kababayan sa Hong Kong at Taiwan ay “panloob-na-lupain.” Nang dumating ang Diyos mula sa itaas tungo sa lupa, walang sinuman sa langit at lupa ang nakaalam tungkol dito, sapagkat ito ang tunay na kahulugan ng pagbabalik ng Diyos nang patago. Mahabang panahon na Siyang gumagawa at namumuhay sa katawang-tao, datapwat walang sinuman ang nakaaalam nito. Hanggang sa araw na ito, walang sinuman ang nakakakilala rito. Marahil ito ay mananatiling isang walang-hanggang palaisipan. Ang pagdating ng Diyos sa katawang-tao sa panahong ito ay isang bagay na hindi posibleng mabatid ng kahit sino. Gaano man kalaki at kamakapangyarihan ang gawain ng Espiritu, nananatiling palaging kalmado ang Diyos at hindi kailanman nagbibigay ng kahit ano. Maaaring may magsabi na ang yugtong ito ng Kanyang gawain ay parang nagaganap sa langit. Kahit na ito ay ganap na halata sa lahat na may mga matang nakakakita, walang sinuman ang nakakakilala rito. Kapag tinapos ng Diyos ang yugtong ito ng Kanyang gawain, aalisin ng buong sangkatauhan ang kanilang karaniwang saloobin,⁴ at magigising mula sa kanilang mahabang panaginip. Natatandaan Ko nang minsang sabihin ng Diyos na, “Ang pagparito na nasa katawang-tao sa panahong ito ay parang tulad ng pagbagsak sa lungga ng isang tigre.” Ang ibig sabihin nito ay, dahil sa ikot na ito ng gawain ng Diyos ay dumarating ang Diyos sa katawang-tao at bukod pa ryan ay isinisilang sa tirahan ng malaking pulang dragon, higit kaysa rati, nahaharap Siya sa matinding panganib sa pagparito sa lupa sa panahong ito. Ang kinakaharap Niya ay mga kutsilyo at mga baril at mga garote at mga panghampas; ang kinakaharap Niya ay tukso; ang kinakaharap Niya ay ang maraming tao na may mga mukhang naglalayong pumatay. Nakalantad Siya sa panganib na mapatay anumang sandali. Dumating ang Diyos na may poot. Gayunpaman, dumating Siya upang isakatuparan ang gawain ng pagperpekto, na nangangahulugan na dumating dito upang isagawa ang ikalawang bahagi ng Kanyang gawain na nagpapatuloy ng gawain ng pagtubos. Para sa kapakanan ng yugtong ito ng Kanyang gawain, inilaan ng Diyos ang sukdulang pagpapahalaga at pag-iingat at gumagamit ng bawat maisip na mga paraan upang maiwasan ang mga pag-atake ng tukso, mapagkumbabang itinatago ang Kanyang sarili at hindi kailanman ipinagyayabang ang Kanyang pagkakakilanlan. Sa pagsagip sa tao mula sa krus, kinumpleto lamang ni Jesus ang gawain ng pagtubos; hindi Siya gumagawa ng gawaing pagperpekto. Kaya kalahati lamang ng gawain ng Diyos ang naisakatuparan, at ang pagtatapos ng gawain ng pagtubos ay kalahati lamang ng Kanyang buong plano. Sa pag-uumpisa ng bagong kapanahunan at pagtatapos ng luma, ang Diyos Ama ay nagsimulang pag-isipan ang ikalawang bahagi ng Kanyang

⁴ Ang “aalisin ng buong sangkatauhan ang kanilang karaniwang saloobin” ay tumutukoy sa kung paano nagbabago ang mga kuru-kuro at mga pananaw ng mga tao tungkol sa Diyos sa sandaling nakilala nila ang Diyos.

gawain at paghandaan ito. Hindi malinaw na iprinopesiya noong unang panahon ang pagkakatawang-taong ito sa mga huling araw, kaya naglatag ito ng isang pundasyon para higit pang mailihim ang pagdating ngayon ng Diyos sa katawang-tao. Sa pagsapit ng buwang-liwayway, lingid sa napakaraming tao, naparito ang Diyos sa lupa at sinimulan ang Kanyang buhay sa katawang-tao. Hindi alam ng mga tao ang pagdating ng sandaling ito. Siguro lahat sila ay mahimbing na natutulog, marahil maraming nagbabantay ang naghihintay nang gising, at marahil marami ang nagdarasal nang tahimik sa Diyos sa langit. Gayunman sa gitna ng lahat ng maraming taong ito, wala ni isang nakaalam na ang Diyos ay dumating na sa lupa. Gumawa ang Diyos ng tulad nito nang sa gayon ay mas maayos na maisakatuparan ang Kanyang gawain at makamit ang mas mahusay na mga resulta, at upang maiwasan din ang maraming tukso. Sa pagkagising ng tao sa mahimbing na pagkakatulog, ang gawain ng Diyos ay matagal nang natapos at Siya'y aalis na, wawakasan ang Kanyang buhay na binubuo ng paglilibot at pansamantalang pagtigil sa lupa. Dahil ang gawain ng Diyos ay nangangailangan na ang Diyos ay kumilos at magsalita nang personal, at dahil walang paraan ang tao upang makialam, tiniis ng Diyos ang matinding sakit upang pumarito sa lupa at gawin Niya Mismo ang gawain. Hindi kayang humalili ng tao sa gawain ng Diyos. Ito ang dahilan kaya hinarap ng Diyos ang mga panganib nang ilang libong beses na mas matindi kaysa roon sa Kapanahunan ng Biyaya upang bumaba sa kung saan ang malaking pulang dragon ay nananahan upang gawin ang Kanyang sariling gawain, upang ibuhos ang lahat ng Kanyang pag-iisip at pangangalaga sa pagtubos sa grupong ito ng naghihirap na mga tao, sa grupong ito ng mga taong nasadlak sa tambak ng basura. Kahit na walang nakakaalam sa pag-iral ng Diyos, hindi nababalisa ang Diyos dahil ito ay malaking kapakinabangan sa gawain ng Diyos. Dahil ang lahat ay karumal-dumal at masama, paano kaya nila matitiis ang pag-iral ng Diyos? Iyon ang dahilan kung bakit, pagparito sa lupa, pinananatili ng Diyos ang Kanyang katahimikan. Kahit gaano kalabis ang kalupitan ng tao, hindi dinidibdib ng Diyos ang alinman dito, ngunit patuloy lamang Siya sa paggawa ng kailangang gawain upang matupad ang mas dakilang tagubilin na ibinigay sa Kanya ng Ama sa langit. Sino sa inyo ang nakakakilala ng pagiging kaibig-ibig ng Diyos? Sino ang nagpapakita ng pagsasaalang-alang sa pasanin ng Diyos Ama na higit kaysa sa ginagawa ng Kanyang Anak? Sino ang may kakayahang maunawaan ang kalooban ng Diyos Ama? Madalas na nababalisa ang Espiritu ng Diyos Ama sa langit, at ang Kanyang Anak sa lupa ay madalas na nananalangin para sa kalooban ng Diyos Ama at lubhang nababahala ang Kanyang puso. Mayroon bang kahit sino na nakakaalam ng pag-ibig ng Diyos Ama para sa Kanyang Anak? Mayroon bang kahit sino na nakakaalam kung paano nangungulila ang sinisintang Anak sa Diyos Ama? Nagdadalawang-isip sa pagitan ng langit at lupa, ang dalawa ay patuloy na tinititigan ang isa't isa mula sa malayo at magkaagapay sa Espiritu. O sangkatauhan! Kailan ninyo isasaalang-alang ang puso ng Diyos? Kailan ninyo mauunawaan ang intensyon ng Diyos? Palaging umaasa ang Ama at Anak sa isa't isa. Kung gayon, bakit Sila dapat maghiwalay, ang isa ay nasa langit sa itaas at ang isa

naman ay nasa lupa sa ibaba? Minamahal ng Ama ang Kanyang Anak gaya ng pagmamahal ng Anak sa Kanyang Ama. Kung gayon, bakit dapat maghintay ang Ama nang may gayong pag-asam at manabik nang may gayong pagkabalisa para sa Anak? Kahit hindi Sila nagkahiwalay nang matagal, mayroon bang kahit sino na nakakaalam kung gaano karaming araw at gabi na masakit na nangungulila ang Ama, at kung gaano katagal na Siyang nananabik sa mabilis na pagbalik ng Kanyang minamahal na Anak? Nagmamasid Siya, tahimik Siyang nakaupo, at naghihintay Siya; wala Siyang ibang ginagawa kundi ang pabilisin ang pagbalik ng Kanyang minamahal na Anak. Kailan kaya Niya muling makakasama ang Anak na naglilibot hanggang sa mga sulok ng lupa? Kahit na sa muling pagkikita ay magsasama Sila sa walang hanggan, paano Niya matitiis ang libu-libong araw at gabi ng paghihiwalay, ang isa ay nasa langit sa itaas at ang isa ay nasa lupa sa ibaba? Ang sampu-sampung taon sa lupa ay parang libu-libong taon sa langit. Paanong hindi mag-aalala ang Diyos Ama? Kapag pumaparito ang Diyos sa lupa, nararanasan Niya ang maraming pagbabago sa mundo ng mga tao kagaya ng nararanasan ng tao. Ang Diyos ay walang sala, kaya bakit Siya kailangang magdusa ng parehong pasakit gaya ng tao? Hindi nakapagtataka na minamadali ng Diyos Ama ang pagbalik ng Kanyang Anak; sino ang maaaring makaunawa sa puso ng Diyos? Binibigyan ng Diyos ang tao nang sobra; paano magagawa ng tao na bayaran nang sapat ang puso ng Diyos? Gayunman ang ibinibigay ng tao sa Diyos ay masyadong maliit, dahil doon, paanong hindi mag-aalala ang Diyos?

Bihira sa mga tao ang nakakaunawa sa pagmamadali na nasa kalagayan ng isip ng Diyos, dahil masyadong mahina ang kakayahan ng mga tao at ang kanilang espiritu ay talagang matamlay, kaya wala sa kanila ang nakakapansin o nakakaintindi sa ginagawa ng Diyos. Kaya patuloy na nag-aalala ang Diyos sa tao, na parang ang malupit na kalikasan ng tao ay maaaring kumawala anumang sandali. Ito ay higit pang nagpapakita na ang pagdating ng Diyos sa lupa ay may kasamang malalaking tukso. Ngunit para sa kapakanan ng pagkumpleto sa isang grupo ng mga tao, ang Diyos na puno ng kaluwalhatian ay nagsabi sa tao ng bawat layunin Niya at walang itinatago na kahit ano. Matatag Siyang nagpasya na kumpletuhin ang grupong ito ng mga tao kaya dumating man ang paghihirap o tukso, tumitingin Siya nang palayo at hindi pinapansin ang lahat ng ito. Tahimik lamang Niyang ginagawa ang Kanyang sariling gawain, matatag na naniniwala na isang araw kapag nakamit na ng Diyos ang Kanyang kaluwalhatian, makikilala Siya ng tao, at naniniwalang kapag nakumpleto na ng Diyos ang tao, lubos niyang mauunawaan ang puso ng Diyos. Sa ngayon maaaring may mga tao na tinutukso ang Diyos o hindi nauunawaan ang Diyos o sinisisi ang Diyos; hindi dinidibdib ng Diyos ang anuman sa mga ito. Kapag bumaba ang Diyos sa kaluwalhatian, mauunawaan ng lahat ng tao na ang lahat ng bagay na ginagawa ng Diyos ay para sa kaligayahan ng sangkatauhan, at mauunawaan ng lahat ng tao na ang lahat ng bagay na ginagawa ng Diyos ay upang maging mas mahusay na makapagpatuloy sa pamumuhay ang sangkatauhan. Ang pagdating ng Diyos ay may kasamang mga tukso, at dumarating din

ang Diyos na may karingalan at poot. Sa panahong iniwan na ng Diyos ang tao ay matagal na Niyang nakamit ang Kanyang kaluwalhatian, at aalis Siya na punung-puno ng kaluwalhatian at may kagalakan ng pagbabalik. Ang Diyos na gumagawa sa lupa ay hindi dinidibdib kahit paano man ang pagtangga sa Kanya ng mga tao. Patuloy lamang Niyang isinasakatuparan ang Kanyang gawain. Ang paglikha ng Diyos sa mundo ay libu-libong taon na ang nakararaan. Naparito Siya sa lupa upang isagawa ang di-masukat na laki ng gawain, at ganap Niyang naranasan ang pagtangga at paninirang-puri ng mundo ng tao. Walang sinuman ang sumasalubong sa pagdating ng Diyos; malamig ang pagbati sa Kanya. Sa paglipas ng ilang libong taon ng paghihirap, matagal na panahon nang sinusugatan ng pag-uugali ng tao ang puso ng Diyos. Hindi na Niya pinapansin ang paghihimagsik ng mga tao, at sa halip ay gumawa na ng isa pang plano upang baguhin at dalisayin ang tao. Ang pang-uuyam, paninirang-puri, pag-uusig, kapighatian, ang pagdurusa ng pagpapapako sa krus, ang pagtatakwil ng tao, at iba pa na naranasan ng Diyos sa katawang-tao: sapat na ang mga natikman ng Diyos na tulad nito, at kung mga paghihirap sa mundo ng mga tao ang pag-uusapan, ang Diyos na nagkatawang-tao ay lubusang nagdusa ng lahat ng ito. Matagal na panahon na ang nakalipas na ang gayong tanawin ay hindi matiis ng Espiritu ng Diyos Ama at hinihintay Niya ang pagbabalik ng Kanyang minamahal na Anak na may ulong nakatingala at nakapikit na mga mata. Ang tanging ninanais Niya ay makinig at sumunod ang sangkatauhan, at hindi maghimagsik laban sa Kanya matapos makaramdam ng sukdulang kahihiyan sa harap ng Kanyang katawang-tao. Ang tanging ninanais Niya ay na ang mga tao ay maniwala na mayroong Diyos. Matagal na Siyang tumigil sa paghingi ng mas malaki sa tao sapagkat masyadong mataas na halaga na ang naibayad ng Diyos, gayunman ang tao ay maginhawang nagpapahinga,⁵ at hindi man lamang isinasapuso ang gawain ng Diyos.

Bagama't ang Aking tinatalakay ngayon tungkol sa gawain ng Diyos ay puno ng maraming "kakatwang mga bagay na walang batayan,"⁶ gayunman ay may malaking kaugnayan ito sa pagpasok ng tao. Nagsasalita lamang Ako ng ilan tungkol sa gawain at pagkatapos ay nagsasalita ng ilan tungkol sa pagpasok, ngunit alinmang aspeto ay hindi maaaring mawala, at kapag pinagsama ay nagiging higit pang kapaki-pakinabang sa buhay ng tao. Ang dalawang aspetong ito ay kinukumpleto ang isa't isa⁷ at sobrang kapaki-pakinabang, tinutulutan ang mga tao na mas maunawaan ang kalooban ng Diyos at makipag-ugnayan sa Diyos. Sa pamamagitan ng pagtalakay ngayon sa gawain, mas napapaunlad ang kaugnayan ng mga tao sa Diyos, napapalalim ang pagkakaunawaan

⁵ Ang "maginhawang nagpapahinga" ay nagpapahiwatig na ang mga tao ay walang malasakit tungkol sa gawain ng Diyos at hindi ito tinitingnan bilang mahalaga.

⁶ Ang "kakatwang mga bagay na walang batayan" ay nagpapahiwatig na ang mga tao ay talagang walang kakayahang mapanghawakan ang pinagmulan ng mga salitang binibigkas. Hindi nila alam kung ano ang sinasabi. Ang pariralang ito ay ginagamit nang patumbalik.

⁷ Ang "kinukumpleto ang isa't isa" ay nagpapahiwatig na kung pinagsama sa pagbabahagi ang "gawain" at "pagpasok," higit na kapaki-pakinabang ito sa ating pagkakilala sa Diyos.

sa isa't isa, at nagagawang magbigay ng tao ng higit na pagsasaalang-alang at pagmamalakasit sa pasanin ng Diyos; naipadarama sa tao kung ano ang nadarama ng Diyos, na magkaroon ng higit na tiwala na mababago siya ng Diyos, at maghintay sa muling pagpapakita ng Diyos. Ito ang kaisa-isang hinihingi ng Diyos sa tao ngayon—ang isabuhay ang larawan ng isang nagmamahal sa Diyos, upang ang liwanag ng pagkakabuo ng karunungan ng Diyos ay sisinag sa kapanahunan ng kadiliman at nang ang pamumuhay ng tao ay maaaring mag-iwan ng maningning na pahina sa gawain ng Diyos, na nagliliwanag magpakailanman sa Silangan ng daigdig, nakukuha ang pansin ng mundo at ang paghanga ng lahat. Ito ang pinakatiyak na mas mainam na pagpasok para sa mga nagmamahal sa Diyos ngayon.

Gawain at Pagpasok 5

Ngayon alam na ninyong lahat na dinadala ng Diyos ang mga tao patungo sa tamang landas ng buhay, na pinangungunahan Niya ang tao sa susunod na hakbang tungo sa isa pang kapanahunan, na pinangungunahan Niya ang tao upang pangibabawan ang madilim at lumang kapanahunang ito, palabas sa laman, palayo mula sa pang-aapi ng mga puwersa ng kadiliman at sa impluwensiya ni Satanas, nang sa gayon ang bawat isang tao ay maaaring mabuhay sa isang mundo ng kalayaan. Para sa kapakanan ng isang magandang bukas, at upang mas lumakas ang loob ng mga tao sa kanilang mga hakbang bukas, pinaplano ng Espiritu ng Diyos ang lahat ng bagay para sa tao, at upang magkaroon ang tao ng higit na kasiyahan, iniuukol ng Diyos ang lahat ng Kanyang mga pagsisikap sa katawang-tao sa paghahanda ng landas na tatahakin ng tao, at pinabibilis ang pagdating ng araw na pinananabikan ng tao. Kung itatangi lamang sana ninyong lahat ang magandang sandaling ito; hindi madaling gawin ang magtipun-tipon kasama ang Diyos. Bagaman hindi ninyo kailanman Siya nakilala, matagal na kayong nakasama Niya. Kung maaari lamang matandaan ng lahat ang magaganda bagama't maiikling araw na ito magpakailanman, at gawin ang mga ito bilang kanilang itinatanging mga pag-aari sa lupa. Ang gawain ng Diyos ay matagal nang naibunyag sa tao—pero dahil ang mga puso ng tao ay masyadong kumplikado, at dahil kailanma'y hindi sila nagkaroon ng anumang interes dito, ang gawain ng Diyos ay nanatiling pansamantalang nakatigil sa orihinal na saligan nito. Ang kanilang mga saloobin, mga kuru-kuro, at pangkaisipang pananaw, ay waring nananatiling lipas sa panahon, anupa't ang pangkaisipang pananaw ng karamihan sa kanila ay nahahawig sa mga sinaunang tao noong unang panahon, at hindi nagbago nang kahit katiting. Dahil dito, ang mga tao ay naguguluhan pa rin at hindi nalilinawan tungkol sa gawaing ginagawa ng Diyos. Lalo pa nga silang hindi nalilinawan tungkol sa kung ano ang ginagawa nila at kung ano ang dapat nilang pasukin. Ang mga bagay na ito ay nagbibigay ng matitinding kahirapan sa gawain ng Diyos at hinahadlangan ang mga

buhay ng mga tao mula sa pagsulong. Dahil sa diwa ng tao at sa kanilang mahinang kakayahan, likas na hindi nila kayang maunawaan ang gawain ng Diyos, at hindi nila mapahahalagahan ang mga bagay na ito kailanman. Kung gusto ninyo ng pag-unlad sa inyong buhay, dapat ninyong simulang pagtuunan ng pansin ang mga detalye ng inyong pag-iral, inuunawa ang bawat isa sa mga iyon upang makontrol ang inyong pagpasok sa buhay, lubusang mabago ang puso ng bawat isa sa inyo, at malutas ang mga problema ng kahungkagan sa loob ng inyong mga puso at ng nakakasawa at nakababagot na pag-iral na nagpapahirap sa inyo, upang ang bawat isa sa inyo ay mapanibago mula sa loob palabas at tunay na tamasahin ang buhay na napataas, nakahihiigit, at malaya. Ang layunin ay ang magawa ng bawat isa sa inyo na mabuhay, mapasigla sa inyong espiritu, at maging kawangis ng nabubuhay na nilalang. Sa lahat ng mga kapatid na nakakaugnay ninyo, bibihira ang mga masigla at sariwa. Lahat sila ay tulad ng mga sinaunang taong bakulaw, mababaw mag-isip at hangal, at mukhang walang anumang inaasahang pag-unlad. Ang mas malala, ang mga kapatid na nakaugnayan Ko ay gaya sa mga taong-bundok na bastos at di-sibilisado. Halos wala silang alam tungkol sa kagandahang-asal, at lalong hindi ang alinmang pinakasaligan ng kung paano kumilos. Marami rito ay ang mga kabataang kapatid na babae na, bagaman maaaring mukha silang matalino at maganda, at lumaki na kasing ganda ng mga bulaklak, ay nagbibihis pa rin sa “alternatibong” paraan. Ang buhok ng isang babaeng kapatid^a ay tumatakip na sa kanyang buong mukha, kaya wala nang nakikita sa kanyang mga mata. Kahit na malinis at maayos ang hitsura ng kanyang mukha, ang ayos ng buhok niya ay hindi kanais-nais at nagsasanhi ng kakatwang pakiramdam, na para bang siya ang numero unong pasaway sa isang pansamantalang kulungan para sa kabataan. Ang kanyang mga mata na malinaw at maningning tulad ng mga esmeralda sa tubig, ay nasasapawan ng kanyang kasuotan at ayos ng buhok, kaya nagmimistulang parang isang pares ng parol ang mga iyon na biglang nakikita sa dilim ng gabi, na kumikislap-kislap nang may nakabubulag na kaningningan na naghahasik ng takot sa mga puso ng mga tao, at gayunman ay lumilitaw rin na para bang sadya siyang nagtatago mula sa isang tao. Kapag nakikita Ko siya, lagi siyang gumagawa ng mga paraan para makaiwas sa “eksena,” gaya ng isang mamamatay-tao na kapapatay lamang ng isang tao at, sa sobrang takot na mabisto, ay palagiang umiiwas; gayundin, tulad siya ng mga itim na Aprikano¹ na naging mga alipin sa loob ng maraming henerasyon at hindi kailanman maaaring itaas ang kanilang mga ulo sa harap ng iba. Ang samut-saring mga pag-uugaling ito, hanggang sa pananamit at paggagayak ng mga taong ito, ay mangangailangan ng ilang buwang gawain upang mapabuti.

Sa loob ng libu-libong taon, namuhay ang mga Tsino bilang mga alipin, at lubhang

^a Ang nakasaad sa orihinal na teksto ay “Siya (isang babae).”

¹ Ang “mga itim na Aprikano” ay tumutukoy sa mga itim na tao na sinumpa ng Diyos, na naging mga alipin sa maraming henerasyon.

napigilan nito ang kanilang mga iniisip, mga konsepto, buhay, wika, pag-uugali, at mga pagkilos na hindi nag-iwan ng kahit kaunting kalayaan sa kanila. Ang ilang libong taon ng kasaysayan ay nagsanhi sa mahahalagang tao na masapian ng isang espiritu at manlupaypay na parang mga bangkay na walang espiritu. Marami sa kanila ang namumuhay sa ilalim ng kutsilyong pangkatay ni Satanas, marami ang nakatira sa mga tahanan na parang mga lungga ng mga hayop, marami ang kumakain ng kagaya ng pagkain ng mga baka o kabayo, at marami ang hindi nagsasabi ng totoo, manhid at magulo sa “daigdig ng mga patay.” Sa hitsura, hindi naiiba ang mga tao sa sinaunang tao, ang kanilang lugar na pahingahan ay tulad ng impiyerno, at bilang mga kasama ay nakapaligid sa kanila ang lahat ng uri ng maruruming demonyo at masasamang espiritu. Sa panlabas, ang mga tao ay mukhang nakatataas na mga “hayop”; sa katunayan, namumuhay at naninirahan sila kasama ng maruruming demonyo. Dahil walang sinumang nag-aalaga sa kanila, namumuhay ang mga tao sa loob ng pananambang ni Satanas, nahuli sa bitag nito na walang paraan upang makatakas. Sa halip na sabihing nagsasama-sama sila ng kanilang mga minamahal sa maginhawang mga tahanan, namumuhay nang masaya at nakasisiyang mga buhay, masasabi na ang mga tao ay nakatira sa Hades, nakikitungo sa mga demonyo at nakikisama sa mga diyablo. Sa katunayan, nakagapos pa rin ang mga tao kay Satanas, nakatira sila kung saan nagtitipon ang maruruming demonyo, minamanipula sila ng maruruming demonyong ito, na para bang ang kanilang mga kama ay isang lugar para tulugan ng kanilang mga bangkay, na parang ang mga iyon ay isang lugar ng kaghinawahan. Sa pagpasok sa kanilang tahanan, ang bakuran ay malamig at mapanglaw, isang malamig na hangin ang humuhugong sa mga tuyong sanga. Pagbukas ng pintuan sa “sala,” ang silid ay napakadilim—maiuunat mo ang iyong kamay at hindi mo makikita ang iyong mga daliri. Isang munting liwanag ang tumatagos sa siwang ng pintuan, na lalo pang nagpapadama na ang silid ay mapanglaw at kakila-kilabot. Paminsan-minsan, ang mga daga ay lumalangitngit nang kakaiba, na para bang nagkakatuwaan. Ang lahat sa loob ng silid ay hindi kanais-nais at nakakatakot, tulad sa isang bahay kung saan ang isang taong kalalagay lamang sa kabaong ay dating naninirahan. Ang kama, kubrekama, at ang pangkaraniwang maliit na aparador sa loob ng silid ay punong-puno lahat ng alikabok, sa sahig ilang maliliit na bangko ang nagpapakita ng kanilang mga pangil at iniaamba ang kanilang mga pangalmot, at naglawit sa mga dingding ang mga agiw. Isang salamin ang nakapatong sa mesa at may isang suklay na kahoy sa tabi nito. Paglakad palapit sa salamin, dumampot ka ng kandila at sinindihaan ito. Nakita mo na ang salamin ay puno ng alikabok, nagsasanhi na parang may “kolorete” ang mga repleksiyon ng mga tao^b kaya mukha silang kalalabas lamang ng libingan. Ang suklay ay puno ng mga buhok. Lahat ng bagay na ito ay luma at magaspang, at parang kagagamit lamang ng isang taong kamamatay lamang. Sa pagtingin sa suklay, ang pakiramdam ay parang may bangkay

^b Ang nakasaad sa orihinal na teksto ay “mga mukha ng mga tao.”

na nakahiga sa isang tabi. Dahil walang dugong dumadaloy, ang mga buhok sa suklay ay amoy patay. Isang malamig na simoy ang pumasok sa siwang ng pintuan, na para bang may multong sumisiksik sa siwang at bumabalik para tumira sa silid. May mapaniil na lamig sa silid, at biglang may umalingasaw na para bang nabubulok na bangkay, at sa sandaling ito makikita na may sari-saring mga bagay na nakasabit sa mga dingding, sa kama ay may lukot na kumot, marumi at mabaho, may butil sa sulok, ang aparador ay puno ng alikabok, ang sahig ay puno ng maliliit na sanga at dumi, at kung anu-ano pa—na para bang kagagamit lamang sa mga iyon ng isang patay na tao, gumigiwang paabante, nagngangalit ang kanyang mga ngipin at kinakalmot ang hangin. Ito’y sapat na para kilabutan ka. Walang bakas ng buhay saanman sa silid, lahat ay madilim at mahalumigmig, tulad ng Hades at impiyerno na binanggit ng Diyos. Ito’y gaya lamang ng puntod ng isang tao, kasama ang walang pinturang aparador, mga bangko, mga hamba ng bintana, at mga pintuan na nakabihis ng panluksa at tahimik na nagbibigay-pugay sa patay. Ang tao’y ilang dekada nang naninirahan dito sa daigdig ng mga patay, o ilang siglo na, o maging ilang milenyo pa nga, lumalabas nang maaga at umuuwi nang gabing-gabi na. Lumalabas sila sa kanilang “puntod” sa pagsikat ng liwanag, kapag tumitilaok ang mga tandang, at tumitingala sa langit at sumusulyap pababa sa lupa, nag-uumpisa ng kanilang araw-araw na gawain. Kapag ang araw ay tumatago sa likod ng mga bundok, kinakaladkad nila ang kanilang pagod na katawan pabalik sa “puntod”; kapag nabusog na sila ay takipsilim na. Pagkatapos, dahil tapos na ang paghahanda sa muling pag-alis mula sa “puntod” kinabukasan, pinapatay nila ang ilaw, na ang liwanag ay parang mula sa mga apoy ng posporo. Sa sandaling ito, ang makikita lamang sa ilalim ng liwanag ng buwan ay mga bunton ng mga puntod na nagkalat gaya ng maliliit na burol sa bawat sulok. Mula sa loob ng “mga puntod” ay maririnig ang paminsan-minsang ingay ng paghilik, pataas at pababa. Tulog na tulog ang lahat ng tao, at gayundin ang maruruming demonyo at mga multo ay tila nagpapahingang lahat nang mapayapa. Paminsan-minsan, nakakarinig ang tao ng huni ng mga uwak mula sa malayo—ang tunog ng mapapanglaw na pagdaing na ito sa isang gabing walang-gumagalaw at tahimik tulad nito ay sapat na para magdulot ng pangingilabot sa iyong buong katawan at patirikin ang iyong mga buhok.... Sinong nakakaalam kung ilang taon ang ginugol ng tao sa gayong mga katayuan, namamatay at ipinanganganak muli; sinong nakakaalam kung gaano katagal na silang nanatili sa mundo ng mga tao kung saan magkahalubilo ang mga tao at mga multo, at higit pa rito, sino ang nakakaalam kung ilang beses na silang nagpaalam sa mundo. Sa impiyernong ito sa lupa nabubuhay nang masaya ang mga tao, na para bang wala sila kahit kaunting reklamo, dahil matagal na nilang nakasanayan mula pa noon ang buhay sa Hades. At kung gayon, ang mga tao’y namamangha sa lugar na ito kung saan naninirahan ang maruruming demonyo, na para bang mga kaibigan nila at kasama ang maruruming demonyo, na para bang ang mundo ng tao ay isang pangkat ng mga

sanggano²—dahil ang orihinal na diwa ng tao ay matagal nang naglaho noon pa man nang wala kahit bulong man lamang, naglaho ito nang walang bakas. Ang anyo ng mga tao ay para bagang may isang bagay na mula sa isang maruming demonyo; higit pa riyan, ang kanilang mga pagkilos ay minamanipula ng maruruming demonyo. Ngayon, hindi na naiiba ang hitsura nila sa maruruming demonyo, na para bang ipinanganak sila mula sa maruruming demonyo. Bukod pa riyan, ang mga tao ay lubhang maibigin, at sumusuporta, sa kanilang mga ninuno. Walang nakakaalam na ang tao ay matagal nang masyadong api-apihan ni Satanas mula pa noon kaya naging gaya na sila ng mga bakulaw sa kabundukan. Ang kanilang namumulang mga mata ay nagtataglay ng nagsusumamong tingin, at sa malamlam na liwanag na sumisilay mula sa kanila ay isang malabong bahid ng mapaminsalang hangarin ng maruming demonyo. Puno ng mga kulubot ang kanilang mga mukha, putuk-putok tulad ng balat ng puno ng pino, nakausling palabas ang kanilang mga bibig, na para bang hinubog ni Satanas, puno ng putik ang kanilang mga tainga sa loob at labas, kuba na ang kanilang mga likod, nangangalog na ang kanilang mga binti sa pagsuporta sa kanilang mga katawan, at ang kanilang butuhang mga braso ay uuguy-ugoy nang paroo't parito. Para bagang sila'y buto't balat na lamang, gayunpaman sila rin ay kasing-taba ng osong bundok. Sa loob at labas, sila'y inayusan at nakadamit gaya ng isang bakulaw mula sa sinaunang panahon—na para bang, sa ngayon, ang mga bakulaw na ito ay hindi pa lubos na nahuhubog sa³ anyo ng makabagong tao, masyado silang napag-iwanan!

Nakatira ang tao na kaagapay ang mga hayop, at maayos silang magkasama, na walang mga alitan o mga pagtatalu-talo. Maselan ang tao sa kanyang pag-aalaga at pagmamalasakit sa mga hayop, at umiiral ang mga hayop para sa pananatiling buhay ng tao, tanging para sa kanyang kapakinabangan, na walang anumang bentahe sa mga sarili ng mga ito at may ganap at buong pagkamasunurin sa tao. Kung titingnan sa kabuuan, ang relasyon sa pagitan ng tao at hayop ay malapit⁴ at magkasundo⁵—at ang maruruming demonyo, sa wari, ay ang perpektong kumbinasyon ng tao at hayop. Kaya, ang tao at ang maruruming demonyo sa lupa ay mas malapit pa nga at hindi maaaring paghiwalayin: Kahit na nakahiwalay sa masasamang demonyo, ang tao ay nananatiling konektado sa mga iyon; samantala, ang maruruming demonyo ay walang itinatago sa tao, at “inilalaan” sa kanila ang lahat ng mayroon ang mga ito. Bawat araw, naglulundagan ang mga tao sa “palasyo ng hari ng impiyerno,” naglalaro kasama ang “hari ng impiyerno” (ang kanilang ninuno), at minamanipula nito, kaya't ngayon, nanigas na sa

² Ang “isang pangkat ng mga sanggano” ay tumutukoy sa katiwalian ng sangkatauhan, at kung paanong walang mga banal na tao sa sangkatauhan.

³ Ang “nahuhubog sa” ay tumutukoy sa “ebolusyon” ng taong bakulaw tungo sa anyo ng mga tao ngayon. Ang layunin ay panunuya: Sa katunayan, wala namang tinatawag na teorya ng sinaunang bakulaw na nagbabago para maging mga taong lumalakad nang patayo.

⁴ Ang “malapit” ay ginagamit na may panunuya.

⁵ Ang “magkasundo” ay ginagamit na may panunuya.

dumi ang mga tao, at, pagkalipas ng paggugol ng matagal na panahon sa Hades, ay matagal nang tumigil sa pagnanais na bumalik sa “mundo ng mga buhay.” Kaya, sa sandaling nakita nila ang liwanag, at nakita ang mga hinihingi ng Diyos, at ang pag-uugali ng Diyos, at ang Kanyang gawain, ninenerbiyos sila at nababahala; nananabik pa rin silang bumalik sa daigdig ng mga patay at manirahan kasama ng mga multo. Matagal na nilang nakalimutan ang Diyos, at kaya naggagala na sila sa libingan. Kapag nakakakilala Ako ng isang tao, sinisikap Kong kausapin siya, at saka Ko lamang natutuklasan na ang taong nakatayo sa harap Ko ay hindi talaga isang tao. Di-sinusuklay ang kanyang buhok, marungis ang kanyang mukha, at mayroong pagka-lobo sa kanyang ngiting litaw ang mga ngipin. Gayundin, tila mayroon siyang pagkaasiwa ng isang multong kalalabas lamang mula sa puntod at nakakita ng tao sa daigdig ng nabubuhay. Ang taong ito ay palaging nagsisikap na pangitiin ang kanyang mga labi; ito’y mukhang kapwa lihim na mapanira at nagbabanta. Kapag siya’y ngumingiti sa Akin, para bang may sasabihin siya pero hindi makahagilap ng mga salita, at kaya ang tanging magagawa niya ay tumayo sa isang tabi na mukhang blangko at hangal. Kung titingnan mula sa likuran, tila ipinakikita niya ang “napakalakas na imahe ng uring manggagawa ng mga Tsino”; sa mga sandaling ito ay nagmumukha siyang mas kasuklam-suklam, ipinaaalala ang imahe ng mga inapo ng maalamat na Yan Huang/Yan Wang ng sinaunang panahon^c na binabanggit ng mga tao. Kapag tinatanong Ko siya, tahimik niyang iniyuyuko ang kanyang ulo. Natatagalan siya bago sumagot, at siya’y sobrang pigil na pigil sa paggawa nito. Hindi niya mapanatiling di-gumagalaw ang kanyang mga kamay at sinisipsip ang kanyang dalawang daliri gaya ng isang pusa. Ngayon Ko lamang napagtanto na ang mga kamay ng tao ay parang kakakalkal lamang ng basura, na may mga kukong nanlilimahid na labis nang nabago ang kulay na hindi mo kailanman malalaman na dapat ay puti at “maninipis” na mga kuko na nasisiksikan ng makapal na dumi. Higit pang nakaririmarim, ang mga likod ng kanilang mga kamay ay kamukha ng balat ng manok na bago pa lamang natanggalan ng balahibo. Ang mga guhit sa kanilang mga kamay ay halos napalamanan lahat ng halaga ng dugo at pawis ng mga pagpapagal ng tao, nakapaloob sa bawat isa ang isang bagay na mukhang dumi, waring naglalabas ng “halimuyak ng lupa,” upang mas mainam na kumatawan sa kahalagahan at pagiging kapuri-puri ng diwa ng pagdurusa ng tao—kaya nga ang diwang ito ng pagdurusa ay lalo pang malalim na nakabaon sa bawat guhit na nasa mga kamay ng tao. Mula ulo hanggang paa, wala sa dinaramit ng tao ang gaya ng anumang balahibo ng hayop, pero wala silang kaalam-alam na, kahit na maging sobrang “kagalang-galang” sila, ang halaga nila sa totoo lang ay mas mababa kaysa balahibo ng asong-gubat—

^c Ang “Yan” at “Huang” ay mga pangalan ng dalawang emperador sa mitolohiya na kasama sa mga unang nagkaloob ng kultura sa Tsina. Ang “Yan Wang” ay ang pangalang Tsino para sa “hari ng impiyerno.” Ang “Yan Huang” at “Yan Wang” ay halos magkasing-tunog kapag sinambit sa Mandarin.

mas mababa pa nga kaysa isang balahibo ng paboreal, dahil matagal na silang nagawang napakapangit ng kanilang pananamit kaya mukha silang mas masahol pa kaysa baboy at aso. Ang maikli niyang pang-itaas ay nakalawit sa kalagitnaan ng kanyang likod, at ang kanyang pantalon—gaya ng bituka ng manok—ay lubusang inilalantad ang kanyang kapangitan sa maningning na sikat ng araw. Maiikli at makikitid ang mga ito, na para bang para sa kapakanan ng pagpapakita na ang kanyang mga paa ay matagal nang hindi nakatali: Malalaking paa ang mga ito, hindi na ang “tatlong-pulgadang ginintuang lotus” ng lumang lipunan. Ang pananamit ng taong ito ay sobrang maka-Kanluranin, gayundin ay masyadong masagwa. Kapag nakikipagkita Ako sa kanya, lagi siyang mahiyain, namumula nang husto ang mukha niya, at hindi niya kayang itaas man lamang ang kanyang ulo, na para bang natatapak-tapakan siya ng maruruming demonyo, at hindi na makakatingin pa sa mukha ng mga tao. Puno ng alikabok ang mukha ng tao. Ang alikabok na ito, na bumagsak mula sa langit, ay waring bumabagsak lahat nang di-makatarungan sa mukha ng tao, at pinagmumukha itong mga balahibo ng maya. Ang mga mata ng tao ay tulad din ng sa maya: maliit at walang sigla, walang anumang kaningningan. Kapag nagsasalita ang mga tao, palaging pahintu-hinto at paiwas ang kanilang pananalita, karima-rimarim at kasuklam-suklam sa iba. Pero marami ang ipinagbubunyi ang gayong mga tao bilang “mga kinatawan ng bansa.” Hindi ba ito isang biro? Ninanasa ng Diyos na baguhin ang mga tao, iligtas sila, sagipin sila mula sa puntod ng kamatayan, upang maaari silang makatakas mula sa pamumuhay nila sa Hades at sa impiyerno.

Gawain at Pagpasok 6

Likas na praktikal ang gawain at pagpasok; tumutukoy ang mga ito sa gawain ng Diyos at pagpasok ng tao. Ang ganap na kawalan ng kakayahan ng tao na maunawaan ang tunay na mukha ng Diyos at gawain ng Diyos ay nagdulot na ng sukdulang paghihirap sa kanyang pagpasok. Hanggang sa araw na ito, hindi pa rin alam ng maraming tao ang gawain na tutuparin ng Diyos sa mga huling araw, o kung bakit nagtiis ang Diyos ng matinding kahihyan upang magkatawang-tao at tumayong kasama ng tao sa hirap at ginhawa. Mula sa mithiin ng gawain ng Diyos hanggang sa layunin ng plano ng Diyos para sa mga huling araw, ganap na nangangapa sa dilim ang tao tungkol sa mga bagay na ito. Sa iba’t ibang kadahilanan, lagi nang maligamgam at walang katiyakan¹ ang mga tao tungkol sa pagpasok na hinihingi ng Diyos sa kanila, na nagdulot na ng sukdulang paghihirap sa gawain ng Diyos sa katawang-tao. Tila ba naging mga balakid ang lahat ng tao at, hanggang sa araw na ito, wala pa rin silang kalinawan. Dahil dito, sa palagay Ko ay dapat nating pag-usapan ang tungkol sa gawain na ginagawa ng Diyos sa tao, at

¹ Ang “walang katiyakan” ay nagpapahiwatig na walang malinaw na pananaw tungo sa gawain ng Diyos ang mga tao.

ang agarang intensyon ng Diyos, upang lahat kayo ay maging tapat na mga lingkod ng Diyos, gaya ni Job, na mas nanaisin pang mamatay kaysa tanggihan ang Diyos, tinitii ang bawa't kahihyan; at na, gaya ni Pedro, mag-aalay ng buong katauhan sa Diyos at maging mga kaniig na nakamit ng Diyos sa mga huling araw. Nawa'y maibigay ng lahat ng kapatirang lalaki at babae ang buong makakaya nila at ialay ang kanilang buong katauhan sa makalangit na kalooban ng Diyos, maging mga banal na lingkod sa bahay ng Diyos, at tamasahin ang pangako ng kawalang-hanggan na ipinagkaloob ng Diyos, upang maaaring matamasa ng puso ng Diyos Ama ang mapayapang kapahingahan sa lalong madaling panahon. "Tuparin ang kalooban ng Diyos Ama" ang dapat maging salawikain ng lahat ng umiibig sa Diyos. Dapat magsilbing gabay ng tao ang mga salitang ito sa pagpasok at Kompas na gumagabay sa kanyang mga pagkilos. Ito ang pagpapasiyang dapat taglayin ng tao. Upang lubusang tapusin ang gawain ng Diyos sa lupa at makipagtulungan sa gawain ng Diyos sa katawang-tao—ito ang tungkulin ng tao, hanggang isang araw, kapag tapos na ang gawain ng Diyos, may kagalakang magpapaalam sa Kanya ang tao sa maaga Niyang pagbabalik sa Ama sa langit. Hindi ba ito ang responsibilidad na dapat tuparin ng tao?

Nang, sa Kapanahunan ng Biyaya, bumalik ang Diyos sa ikatlong langit, sa katunaya'y nakasulong na sa huling bahagi nito ang gawain ng pagtubos ng Diyos sa buong sangkatauhan. Ang tanging natira na lamang sa lupa ay ang krus na pinasan ni Jesus sa Kanyang likuran, ang pinong lino na ibinalot kay Jesus, at ang koronang tinik at matingkad na pulang balabal na isinuot ni Jesus (ito ang mga bagay na ginamit nang tuyain Siya ng mga Hudyo). Ibig sabihin, matapos magdulot ng matinding damdamin ang gawain ng pagpapapako sa krus ni Jesus, muling huminahon ang mga bagay-bagay. Mula noon, nagsimulang ipagpatuloy ng mga disipulo ni Jesus ang gawain Niya, nagpapastol at nagdidilig sa mga simbahan sa lahat ng dako. Ang mga sumusunod ang nilalaman ng kanilang gawain: Hiniling nila sa lahat ng tao na magsisi, ikumpisal ang kanilang mga kasalanan, at magpabautismo; at humayo ang lahat ng apostol upang ipalaganap ang totoong kuwento, ang di-barnisadong salaysay, ng pagpapapako sa krus ni Jesus, at kaya hindi napigilan ng lahat na magpatirapa sa harap ni Jesus upang ikumpisal ang kanilang mga kasalanan; at bukod diyan, humayo ang mga apostol sa lahat ng dako na hatid ang mga salitang binigkas ni Jesus. Nagsimula sa puntong iyon ang pagtatayo ng mga simbahan sa Kapanahunan ng Biyaya. Ang ginawa ni Jesus sa kapanahunang iyon ay upang magsalita rin tungkol sa buhay ng tao at kalooban ng Ama sa langit, lamang, dahil ibang kapanahunan ito, malaki ang pagkakaiba ng marami sa mga kasabihan at mga pagsasagawang iyon kaysa sa ngayon. Gayunpaman, magkapareho sa diwa ang mga ito: Ang mga ito ay kapwa gawain ng Espiritu ng Diyos sa katawang-tao, mismo at eksakto. Nagpatuloy hanggang sa ngayon ang ganitong uri ng gawain at pagbigkas, kaya ibinabahagi pa rin sa mga institusyong panrelihiyon ngayon ang ganitong uri ng bagay, at lubos na hindi nabago. Nang matapos ang gawain ni Jesus at nasa tamang landas na ni Jesucristo ang mga simbahan, gayunma'y

pinasimulan ng Diyos ang Kanyang plano para sa isa pang yugto ng Kanyang gawain, na tungkol sa pagkakatawang-tao Niya sa mga huling araw. Sa paningin ng tao, ang pagpapapako sa krus ng Diyos ay tumapos sa gawain ng pagkakatawang-tao ng Diyos, tumubos sa buong sangkatauhan, at nagtulot sa Kanyang agawin ang susi sa Hades. Iniisip ng lahat na ang gawain ng Diyos ay ganap nang natupad. Sa katunayan, mula sa pananaw ng Diyos, maliit lamang na bahagi ng Kanyang gawain ang natupad na. Tanging pagtubos sa sangkatauhan ang ginawa Niya; hindi pa Niya nalulupig ang sangkatauhan, lalo nang hindi pa Niya nababago ang satanikong mukha ng tao. Iyon ang dahilan kung bakit sinasabi ng Diyos, “Bagaman dumanas ng kirot ng kamatayan ang Aking katawang-tao, hindi iyon ang buong layunin ng Aking pagkakatawang-tao. Si Jesus ang pinakamamahal Kong Anak at ipinako sa krus para sa Akin, nguni’t hindi Niya ganap na tinapos ang Aking gawain. Ginawa Niya lamang ang isang bahagi nito.” Kaya pinasimulan ng Diyos ang ikalawang yugto ng mga plano upang ipagpatuloy ang gawain ng pagkakatawang-tao. Ang gawing perpekto at makamit ang lahat ng taong nasagip mula sa mga kamay ni Satanas ang pinakasukdulang intensyon ng Diyos, kung kaya naghanda ang Diyos na minsan pang suungin ang panganib ng pagkakatawang-tao. Tumutukoy sa Isa na hindi naghahatid ng kaluwalhatian ang kahulugan ng “pagkakatawang-tao” (dahil hindi pa tapos ang gawain ng Diyos), subali’t nagpapakita sa pagkakakilanlan ng pinakamamahal na Anak, at ang Cristo, na labis na kinalulugdan ng Diyos. Kaya nga ito ay sinasabing “pagsuong sa panganib.” Ang katawang-tao ay may katiting na kapangyarihan at dapat lubusang mag-ingat,² at malayung-malayo sa awtoridad ng Ama sa langit ang Kanyang kapangyarihan; tinutupad lamang Niya ang ministeryo ng katawang-tao, isinasakatuparan ang gawain ng Diyos Ama at ang Kanyang tagubilin nang hindi nasasangkot sa ibang gawain, at isinasakatuparan lamang Niya ang isang bahagi ng gawain. Kaya nga kaagad na pinangalanang “Cristo” ang Diyos nang pumarito Siya sa mundo—iyon ang nakapaloob na kahulugan sa pangalang iyon. Kaya sinasabi na may kasamang mga tukso ang pagparito ay dahil isang piraso lamang ng gawain ang isinasakatuparan. Bukod diyan, ang dahilan kaya tinatawag lamang Siya ng Diyos Ama na “Cristo” at “pinakamamahal na Anak,” subali’t hindi naipagkaloob sa Kanya ang lahat ng kaluwalhatian ay tiyak na dahil ang nagkatawang-tao ay pumaparito upang gawin ang isang piraso ng gawain, hindi upang kumatawan sa Ama sa langit, bagkus ay upang tuparin ang ministeryo ng pinakamamahal na Anak. Kapag nakumpleto ng pinakamamahal na Anak ang buong tagubiling tinanggap Niya sa Kanyang mga balikat, pagkakalooban na Siya ng Ama ng buong kaluwalhatian kasama ang pagkakakilanlan ng Ama. Masasabing ito ang “kodigo ng langit.” Dahil ang Isa na nagkatawang-tao at ang Ama sa langit ay nasa dalawang magkaibang dako, minamasadan lamang ng dalawa ang isa’t isa sa Espiritu, sinusubaybayan ng Ama ang pinakamamahal na Anak nguni’t hindi

² Ang “ay may katiting na kapangyarihan at dapat lubusang mag-ingat” ay nagpapahiwatig na napakarami ng mga paghihirap ng katawang-tao, at masyadong limitado ang gawaing nagawa.

nagagawang makita ng Anak ang Ama mula sa malayo. Sapagka't ang mga gawain kung saan may kakayahan ang laman ay masyadong kaunti at maaari Siyang mapatay anumang sandali, kaya masasabi na may kasamang pinakamalaking panganib ang pagparito na ito. Katumbas ito ng muling pagpapaubaya ng Diyos sa Kanyang pinakamamahal na Anak sa bunganga ng tigre, kung saan ang Kanyang buhay ay nasa panganib, inilalagay Siya kung saan pinakanakatuon si Satanas. Kahit sa gayong kahilahakbot na mga pangyayari, isinuko pa rin ng Diyos ang Kanyang pinakamamahal na Anak sa mga tao ng isang lugar na puno ng karumihan at kahalayan para kanilang "palakihin Siya hanggang sa hustong gulang." Dahil iyon ang tanging paraan upang pagmukhain ang gawain ng Diyos na angkop at natural, at ito ang tanging paraan upang tuparin ang lahat ng inaasam ng Diyos Ama at isakatuparan ang huling bahagi ng Kanyang gawain sa sangkatauhan. Isinakatuparan lamang ni Jesus ang isang yugto ng gawain ng Diyos Ama. Dahil sa hadlang na ipinataw ng katawang-tao at mga pagkakaiba sa mga gawaing dapat isakatuparan, hindi alam ni Jesus Mismo na magkakaroon ng ikalawang pagbabalik sa katawang-tao. Samakatuwid, walang tagapagpaliwanag ng Bibliya o propeta ang naglakas-loob na ipropesiya nang malinaw na muling magkakatawang-tao ang Diyos sa mga huling araw, ibig sabihin, muli Siyang magkakatawang-tao upang gawin ang ikalawang bahagi ng Kanyang gawain sa katawang-tao. Samakatuwid, walang sinumang nakapansin na matagal nang itinago ng Diyos ang Kanyang sarili sa katawang-tao. Hindi kataka-taka, dahil tinanggap lamang ni Jesus ang tagubiling ito pagkatapos na mabuhay na mag-uli at umakyat sa langit, kaya walang malinaw na propesiya tungkol sa ikalawang pagkakatawang-tao ng Diyos, at hindi ito kayang maarok ng isip ng tao. Sa lahat ng maraming aklat ng propesiya sa Bibliya, walang salita na malinaw itong binabanggit. Subali't nang naparito si Jesus upang gumawa, mayroon nang malinaw na propesiya na nagsasabing magdadalang-tao ang isang birhen, at magluluwal ng isang anak na lalaki, na nangangahulugang ipinaglihi Siya sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Gayunpaman, sinabi pa rin ng Diyos na nangyari ito nang may panganib ng kamatayan, kaya't gaano pa kaya ito higit na mapanganib ngayon? Hindi kataka-takang sinasabi ng Diyos na ang pagkakatawang-taong ito ay mas mapanganib nang libu-libong beses kaysa noong Kapanahunan ng Biyaya. Sa maraming lugar, ipinropesiya na ng Diyos na magkakamit Siya ng isang grupo ng mga mananagumpay sa lupain ng Sinim. Dahil sa Silangan ng mundo makakamit ang mga mananagumpay, kaya walang duda na sa lupain ng Sinim tatapak ang Diyos sa Kanyang ikalawang pagkakatawang-tao, sa mismong lugar kung saan namamalaging nakapulupot ang malaking pulang dragon. Doon, makakamit ng Diyos ang mga inapo ng malaking pulang dragon upang ito ay lubusang matalo at mapahiya. Gigisingin ng Diyos ang mga taong ito, na labis na pinabibigatan ng pagdurusa, upang gisingin sila hanggang sila'y maging lubos na gising, at upang palakarin silang palabas ng hamog at tanggihan ang malaking pulang dragon. Gigising sila mula sa kanilang panaginip, makikilala ang diwa ng malaking pulang dragon, magagawang ibigay ang kanilang buong puso sa Diyos, aahon mula

sa pang-aapi ng mga puwersa ng kadiliman, tumayo sa Silangan ng mundo, at maging patunay ng tagumpay ng Diyos. Sa ganitong paraan lamang makakamit ng Diyos ang kaluwalhatian. Ito ang tanging dahilan kaya dinala ng Diyos ang gawaing natapos sa Israel sa lupain kung saan namamalaging nakapulupot ang malaking pulang dragon at, halos dalawang libong taon pagkatapos lumisan, ay muling nagkatawang-tao upang ipagpatuloy ang gawain ng Kapanahunan ng Biyaya. Sa mga mata mismo ng tao, naglulunsad ang Diyos ng bagong gawain sa katawang-tao. Nguni't sa pananaw ng Diyos, ipinagpapatuloy Niya ang gawain ng Kapanahunan ng Biyaya, na may pagitan lamang na ilang libong taon, at may pagbabago lamang sa lokasyon at sa programa ng Kanyang gawain. Kahit na ang imahe ng katawang-taong ginamit sa gawain ngayon ay waring ganap na naiiba kaysa kay Jesus, nagbubuhay Sila sa parehong diwa at ugat, at mula Sila sa parehong pinagmulan. Marahil ay marami Silang panlabas na mga pagkakaiba, nguni't ang panloob na mga katotohanan ng Kanilang gawain ay ganap na magkapareho. Ang mga kapanahunan, pagkatapos ng lahat, ay magkaibang gaya ng gabi at araw. Kaya't paano susundin ng gawain ng Diyos ang isang di-nagbabagong huwaran? O paano makasasagabal sa isa't isa ang magkakaibang yugto ng Kanyang gawain?

Nag-anyong Hudyo si Jesus, nakiayon sa pananamit ng mga Hudyo, at lumaki na kumakain ng pagkaing Hudyo. Ito ang Kanyang normal na pantaong aspeto. Nguni't ngayon ay nag-aanyong isang mamamayan ng Asya ang nagkatawang-taong laman at lumalaki sa bansa ng malaking pulang dragon. Sa anumang paraan ay hindi salungat ang mga ito sa mithiin ng pagkakatawang-tao ng Diyos. Sa halip, pinupunan ng mga ito ang isa't isa, mas ganap na isinasakatuparan ang tunay na kabuluhan ng pagkakatawang-tao ng Diyos. Sapagka't tinatawag na "Anak ng tao" o "ang Cristo" ang nagkatawang-taong laman, ang panlabas ng Cristo ngayon ay hindi maaaring tawagin sa mga katagang tulad kay Jesucristo. Matapos ang lahat, tinatawag ang lamang ito na "Anak ng tao" at nasa imahe ng isang katawang laman. Naglalaman ng napakalalim na kahulugan ang bawa't yugto ng gawain ng Diyos. Kaya ipinaglihi si Jesus sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ay dahil tutubusin Niya ang mga makasalanang laman. Kailangang wala Siyang kasalanan. Subali't tanging sa huli, nang napilitan Siya na maging kawangis ng makasalanang laman at akuin ang mga kasalanan ng mga makasalanang laman, nagawa Niyang sagipin sila mula sa isinumpang krus, ang krus na ginamit ng Diyos upang kastiguhin ang sangkatauhan. (Ang krus ang kasangkapan ng Diyos para sa pagsumpa at pagkastigo sa sangkatauhan; sa tuwing nababanggit ang mga pagsumpa at pagkastigo, partikular na patungkol ito sa mga makasalanang laman.) Ang mithiin ay upang mapagsisi ang lahat ng makasalanang laman at, sa pamamagitan ng pagpapako sa krus, upang maging sanhi na ipagtapat nila ang kanilang mga kasalanan. Ibig sabihin, para sa kapakanan ng pagtubos sa buong sangkatauhan, nagkatawang-tao ang Diyos sa isang katawang laman na ipinaglihi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at ipinasan sa Kanyang sarili ang mga kasalanan ng buong sangkatauhan. Para isalarawan ito sa karaniwang wika, nag-alay Siya ng isang banal na

katawang laman kapalit ng lahat ng makasalanang, na katumbas ng paglalagak kay Jesus bilang isang “handog para sa kasalanang” sa harap ni Satanas upang “magsumamo” kay Satanas na ibalik sa Diyos ang buong walang-salang sangkatauhan na niyurakan nito. Kaya kinailangan ang paglilili sa pamamagitan ng Banal na Espiritu para sa katuparan ng yugtong ito ng gawain ng pagtubos. Kinakailangan itong kundisyon, isang “kasunduang pangkapayapaan” sa labanan sa pagitan ng Diyos Ama at ni Satanas. Iyon ang dahilan kung bakit natapos lamang ang yugtong ito ng gawain matapos na ipaubaya si Jesus kay Satanas. Gayunpaman, ang gawain ng pagtubos ng Diyos ay nagkamit na ngayon ng antas ng karingalan na walang katulad noon, at wala nang dahilan si Satanas na gumawa ng mga kahilingan, kaya hindi na kinakailangan ng Diyos na ipaglihi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu upang magkatawang-tao. Sapagka’t likas na banal at walang-sala ang Diyos, ang Diyos sa pagkakatawang-taong ito ay hindi na ang Jesus ng Kapanahunan ng Biyaya. Gayunpaman, nagkakatawang tao pa rin Siya alang-alang sa kalooban ng Diyos Ama at alang-alang sa katuparan ng mga kahilingan ng Diyos Ama. Tiyak na hindi ito isang di-makatuwirang paraan ng pagpapaliwanag sa mga bagay-bagay? Dapat bang sumunod ang pagkakatawang-tao ng Diyos sa itinakdang mga patakaran?

Maraming tao ang naghahanap ng katibayan sa Bibliya, umaasang makahanap ng hula ng pagkakatawang-tao ng Diyos. Paano makakaya ng tao, sa kanyang magulo at hiwa-hiwalay na mga kaisipan, na malaman na matagal nang tumigil ang Diyos sa “paggawa” sa Bibliya at “nakalundag” na nang lampas sa mga hangganan nito upang isabalikat, nang may sigla at gana, ang gawain na matagal na Niyang isinaplano nguni’t hindi kailanman nasabi sa tao? Masyadong kulang sa katinuan ang mga tao. Pagkatapos matikman ang kakatiting na disposisyon ng Diyos, tumaas sila sa isang entablado at umupo sa isang mataas-na-uri ng “upuang de-gulong” nang may ganap na pagwawalang-bahala na siyasatin ang gawain ng Diyos, umaabot pa nga sa punto na nagsisimulang turuan ang Diyos nang may mayabang at paliguy-ligoy na pananalita tungkol sa lahat ng bagay sa ilalim ng araw. Maraming “matandang lalaki,” na may suot na salaming pambasa at hinahaplos ang kanyang balbas, ang nagbubuklat ng nanilaw na mga pahina ng “lumang almanake” (Bibliya) na buong buhay na niyang binabasa. Nang may pabulong na mga salita at mga matang tila kumikislap sa espiritu, bumabaling siya ngayon sa Aklat ng Pahayag, ngayon naman ay sa Aklat ng Daniel, at ngayon sa Aklat ng Isaia na kilalang-kilala ng lahat. Nakatitig sa bawa’t pahina na siksik ng maliliit na salita, tahimik siyang nagbabasa, umiikot nang walang tigil ang kanyang isipan. Biglang tumigil ang kamay na humahaplos sa balbas at nagsimulang hilahin ito. Paminsan-minsang may nakaririnig ng tunog ng pinapatid na balbas. Ikinabibigla ng isang tao ang gayong di-pangkaraniwang gawi. “Bakit gumagamit ng gayong puwersa? Ano ang lubha niyang ikinagagalit?” Sa minsan pang pagtingin sa matandang lalaki, nakikita natin na nangangalisag ang mga kilay niya ngayon. Bumaba na ang mga buhok ng namuting kilay, tulad ng mga balahibo ng gansa, sa eksaktong dalawang sentimetro mula sa mga talukap ng mata ng matandang lalaking ito, na para bang nagkataon lang at gayunman

ay tamang-tama, habang nananatiling nakatitig ang matandang lalaki sa mga pahinang mukhang inaamag na. Matapos balikan ang mga pahina ring iyon nang ilang beses, hindi niya naiwasan na biglang mapatayo at nagsimulang makipagdaldalan na tila sandaling nakikipag-usap³ sa isang tao, kahit na ang ningning na nagmumula sa kanyang mga mata ay hindi pa rin iniwan ang almanake. Bigla niyang tinatakpan ang kasalukuyang pahina at bumabaling sa “isa pang mundo.” Lubhang nagmamadali⁴ ang kanyang mga paggalaw at nakakatakot, na halos ikinagugulat ng mga tao. Sa kasalukuyan, ang daga na lumabas mula sa lungga nito at, sa panahon ng kanyang katahimikan, ay nagsisimula pa lang mapanatag nang sapat para kumilos nang malaya, ay lubhang naalarma sa kanyang di-inaasahang mga paggalaw na anupa’t tumakbo ito nang mabilis pabalik sa lungga at naglaho roon na parang usok, at hindi na muling magpapakita. At ngayon ay ipinagpatuloy ng kaliwang kamay ng matandang lalaki ang pansamantalang nahinto nitong paghaplos sa kanyang balbas, pataas at pababa, pataas at pababa. Lumalayo siya mula sa kanyang upuan, iniwan ang aklat sa lamesa. Pumapasok ang hangin sa siwang sa pinto at bukas na bintana, walang-awang hinihipang pasara ang aklat at pagkatapos ay pabukas ulit. Mayroong hindi-maipahayag na kalungkutan sa tagpo, at maliban sa tunog ng mga pahina ng aklat na ipinapagaspas ng hangin, mistulang natahimik na ang lahat ng nilalang. Siya, na may mga kamay na magkadaop sa kanyang likod, ay palakad-lakad sa buong silid, ngayo’y tumitigil, ngayo’y nagsisimula, iiling-iling paminsan-minsan, at sa kanyang bibig ay tila inuulit-ulit ang mga salitang, “O! Diyos! Talaga bang gagawin Mo iyon?” Paminsan-minsan niya ring sinasabi, nang may pagtango, “O Diyos! Sino ang makaaarok sa Iyong gawain? Hindi ba mahirap hanapin ang Iyong mga bakas? Naniniwala akong hindi Ka gumagawa ng mga bagay na gagawa ng gulo nang walang mabuting dahilan.” Sa kasalukuyan, ikunukunot ng matandang lalaki ang kanyang mga kilay at mariing ipinipikit ang kanyang mga mata, na nagpapakita ng hitsura ng kahihiyan, gayundin ng lubhang nasasaktang ekspresyon, na tila malapit na siyang gumawa ng mabagal at pinag-isipang mabuting kalkulasyon. Kawawang matandang lalaki! Sa malaong yugtong ito ng kanyang buhay, “sa kasamaang-palad” ay sumapit siya sa bagay na ito. Ano ang maaaring gawin tungkol dito? Hindi Ko rin alam ang gagawin at walang kapangyarihang gawin ang anumang bagay. Sino ba ang dapat sisihin na naninilaw habang tumatagal ang kanyang lumang almanake? Sino ba ang dapat sisihin na ang kanyang balbas at mga kilay ay pumupuno, nang walang tigil, tulad ng puting niyebe, sa iba’t ibang bahagi ng kanyang mukha? Tila ba ang mga buhok sa kanyang balbas ay kumakatawan sa kanyang katandaan. Nguni’t sino ang nakaalam na maaaring maging hangal ang tao hanggang sa gayong antas na hahanapin niya ang

³ Ang “sandaling nakikipag-usap” ay isang metapora para sa pangit na mukha ng mga tao kapag nagsasaliksik sila tungo sa gawain ng Diyos.

⁴ Ang “nagmamadali” ay nagtumutukoy sa sabik, nagmamadaling mga paggalaw ng “matandang lalaki” habang tinutukoy niya ang Bibliya.

presensya ng Diyos sa isang lumang almanake? Gaano karaming mga pilas ng papel ang kayang taglayin ng isang lumang almanake? Tunay bang kaya nitong itala ang lahat ng gawa ng Diyos? Sino ang nangangahas na garantiyahan iyan? Gayunman ay iniisip talaga ng tao na hanapin ang pagpapakita ng Diyos at tugunan ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga salita at paghihimay-himay sa mga ito,⁵ umaasa sa gayon na makapasok sa buhay. Ang pagsubok ba na pumasok sa buhay sa ganitong paraan ay gayon kadali? Hindi ba ito isang maling pangangatwiran ng pinakahangal na kahibangan? Hindi ba ito katawa-tawa para sa iyo?

Gawain at Pagpasok 7

Ngayon lamang natanto ng tao na hindi lamang ang panustos ng espirituwal na buhay at karanasan sa pagkilala sa Diyos ang kulang sa tao, kundi—ang mas mahalaga pa—ang mga pagbabago sa kanyang disposisyon. Dahil sa lubos na kamangmangan ng tao tungkol sa kasaysayan at sinaunang kultura ng kanyang sariling lahi, wala man lamang sila ni katiting na kaalaman tungkol sa gawain ng Diyos. Umaasa ang lahat ng tao na maaaring iugnay ang tao sa Diyos sa kaibuturan ng kanyang puso, ngunit dahil masyadong tiwali ang laman ng tao, kapwa manhid at mapurol ang utak, naging dahilan ito upang mawalan siya ng kahit anong kaalaman tungkol sa Diyos. Sa pagparito sa tao ngayon, ang layunin ng Diyos ay walang iba kundi baguhin ang mga iniisip at espiritu ng mga tao, pati na ang larawan ng Diyos sa kanilang puso na milyun-milyong taon na nilang taglay sa kanilang puso. Gagamitin Niya ang pagkakataong ito upang gawing perpekto ang tao. Ibig sabihin, sa pamamagitan ng kaalaman ng tao, babaguhin Niya ang paraan ng pagkilala ng mga tao sa Kanya at ang kanilang saloobin sa Kanya, na magbibigay ng kakayahan sa tao na gumawa ng isang matagumpay na bagong simula sa pagkilala sa Diyos, at magkamit ng paninibago at pagbabago ng espiritu ng tao. Pakikitungo at pagdidisiplina ang mga paraan, samantalang ang paglupig at pagpapanibago ang mga layunin. Ang pagwawaksi sa mapamahiing mga kaisipang taglay ng tao tungkol sa malabong Diyos ang layon ng Diyos noon pa man, at nitong huli ay naging isa ring agarang bagay para sa Kanya. Sana’y pag-isipan pang mabuti ng lahat ng tao ang mangyayari sa sitwasyong ito sa hinaharap. Baguhin ang paraan ng pagdanas ng bawat tao upang maisakatuparan ang agarang layuning ito ng Diyos sa lalong madaling panahon at ganap na matapos ang huling yugto ng gawain ng Diyos sa lupa. Ibigay sa Diyos ang katapatang nararapat ninyong ibigay sa Kanya, at sa huling pagkakataon ay maghatid ng ginhawa sa puso ng Diyos. Sa mga kapatid, sana’y walang umiwas sa responsibilidad na ito, o tapusin na lamang ito nang pakunwari. Pumaparito

⁵ Ang “pagsusuri ng mga salita at paghihimay-himay sa mga ito” ay ginagamit para libakin ang mga dalubhasa sa mga kamalian, na nakikipagtalo sa maliliit na bagay tungkol sa mga salita nguni’t hindi hinahanap ang katotohanan o nalalaman ang gawain ng Banal na Espiritu.

ang Diyos sa katawang-tao sa pagkakataong ito bilang sagot sa isang paanyaya, at tuwirang pagtugon sa kalagayan ng tao. Ibig sabihin, pumaparito Siya upang tustusan ang tao ng kanyang mga pangangailangan. Anuman ang kakayahan o naging paglaki ng tao, bibigyang-kakayahan Niya siya, sa madaling sabi, na makita niya ang salita ng Diyos at, mula sa Kanyang salita, makita niya ang pag-iral at pagpapakita ng Diyos at tanggapin niya ang pagpeperpekto ng Diyos sa kanya, na binabago ang mga kaisipan at kuru-kuro ng tao upang matatag na mag-ugat ang tunay na mukha ng Diyos sa kaibuturan ng puso ng tao. Ito lamang ang inaasam ng Diyos sa lupa. Gaano man kadakila ang likas na pagkatao ng tao, o gaano man kahina ang diwa ng tao, o kung ano talaga ang pag-uugali ng tao noong araw, hindi pinapansin ng Diyos ang mga ito. Inaasahan lamang Niya na ganap na panibaguhan ng tao ang larawan ng Diyos na nasa kaibuturan ng kanyang puso at malaman ang diwa ng sangkatauhan, at sa gayon ay mabago ang ideolohikal na pananaw ng tao, at masabik siya sa Diyos mula sa kaibuturan at magising sa walang-hanggang pagkakaugnay sa Kanya: Ito ang kaisa-isang hinihiling ng Diyos sa tao.

Naisara nang mahigpit ng kaalaman tungkol sa sinaunang kultura at kasaysayan na sumasaklaw sa ilang libong taon ang pag-iisip at mga kuru-kuro ng tao at ang pananaw ng kanyang isipan kaya hindi tinatablan at hindi nalulusaw ang mga ito.¹ Naninirahan ang mga tao sa ikalabing-walong ikot ng impiyerno, para lamang silang naitaboy ng Diyos sa mga bartolina, kung saan maaaring hindi kailanman makita ang liwanag. Naapi na nang husto ng pyudal na pag-iisip ang tao kaya halos hindi sila makahinga at naghahabol sila ng hininga. Wala sila ni katiting na lakas upang lumaban; ang ginagawa lamang nila ay tahimik na magtiis nang magtiis.... Walang sinumang nangahas kailanman na magpumiglas o ipagtanggol ang katuwiran at katarungan; talagang namumuhay lamang ang mga tao ng isang buhay na mas masahol pa sa hayop, sa ilalim ng mga paghampas at pang-aabuso ng pyudal na moralidad, araw-araw, at taun-taon. Hindi nila naisip kailanman na hanapin ang Diyos upang matamasa ang kaligayahan sa mundo ng tao. Para bagang napabagsak na ang mga tao hanggang sa maging para silang mga dahong nalaglag sa taglagas, lanta, tuyot, at manilaw-nilaw na kayumanggi. Matagal nang nawala ang alaala ng mga tao; kaawa-awa silang naninirahan sa impiyerno na tinatawag na mundo ng tao, naghihintay sa pagdating ng huling araw upang sama-sama silang mamatay sa impiyernong ito, na para bang ang huling araw na pinakahihintay nila ang araw na tatamasahin ng tao ang payapang kapahingahan. Nadala na ng pyudal na moralidad ang buhay ng tao sa “Hades,” na lalong nagpahina sa kapangyarihan ng tao na lumaban. Lahat ng uri ng pang-aapi ang nagtutulak sa tao, nang paunti-unti, na mahulog nang mas malalim sa Hades, palayo nang palayo sa Diyos, hanggang sa siya ay maging isa nang ganap na estranghero ngayon sa Diyos at nagmamadaling iwasan

¹ Ang “hindi nalulusaw” ay nilayon bilang panunudyong ito, na ibig sabihin ay maigting ang mga tao sa kanilang kaalaman, kultura, at espirituwal na pananaw.

Siya kapag sila ay nagkatagpo. Hindi Siya pinakikinggan ng tao at iniwan Siyang nakatayong mag-isa sa isang tabi, na para bang hindi pa Siya nakilala ng tao kailanman, na hindi pa Siya nakita dati. Subalit matagal nang naghihintay ang Diyos sa tao sa mahabang paglalakbay sa buhay, na hindi kailanman ipinupukol ang Kanyang di-mapigilang galit sa kanya, tahimik lamang na naghihintay, nang walang imik, na magsisi ang tao at magsimulang muli. Matagal nang pumarito ang Diyos sa mundo ng tao upang makibahagi sa mga pagdurusa ng tao sa mundo. Sa lahat ng taon na namuhay Siya sa piling ng tao, wala pang nakatuklas sa Kanyang pag-iral. Tahimik lamang na tinitii ang Diyos ang paghihirap ng pagiging hamak sa mundo ng tao habang isinasakatuparan ang gawaing personal Niyang dinala. Patuloy Siyang nagtitiis para sa kapakanan ng kalooban ng Diyos Ama at ng mga pangangailangan ng sangkatauhan, na nagdaranas ng mga pagdurusang hindi kailanman naranasan ng tao. Sa presensya ng tao tahimik Siyang naglingkod sa kanya, at sa presensya ng tao Siya ay nagpakumbaba, para sa kapakanan ng kalooban ng Diyos Ama at maging sa kapakanan ng mga pangangailangan ng sangkatauhan. Ang kaalaman tungkol sa sinaunang kultura ay parang balewalang ninakaw ang tao mula sa presensya ng Diyos at ipinasa siya sa hari ng mga diyablo at sa mga inapo nito. Nadala na ng Apat na Aklat at Limang Klasiko^a ang pag-iisip at mga kuru-kuro ng tao sa isa pang kapanahunan ng paghihimagsik, na naging sanhi upang higit pa niyang sambahin ang mga sumulat ng Aklat/Klasiko ng mga Dokumento, at bilang resulta upang lalo pang palalain ang kanyang mga kuru-kuro tungkol sa Diyos. Walang kaalam-alam ang tao, walang-awang pinalayas ng hari ng mga diyablo ang Diyos mula sa kanyang puso at pagkatapos ay tuwang-tuwang matagumpay niya mismong inokupa iyon. Mula noon, nag-angkin na ang tao ng pangit at masamang kaluluwa at ng mukha ng hari ng mga diyablo. Napuno ng poot sa Diyos ang kanyang dibdib, at lumaganap ang galit na kasamaan ng hari ng mga diyablo sa kalooban ng tao araw-araw hanggang sa lubos siyang lamunin nito. Wala na ni katiting na kalayaan ang tao at walang paraang makalaya mula sa mga bitag ng hari ng mga diyablo. Wala siyang nagawa kundi magpabihag noon mismo, sumuko at magpatirapa sa pagpapasakop sa presensya nito. Noong araw, nang bata pa ang puso't kaluluwa ng tao, itinanim doon ng hari ng mga diyablo ang binhi ng tumor ng ateismo, na nagtuturo sa kanya ng mga kamaliang gaya ng "mag-aral ng siyensya at teknolohiya; alamin ang Apat na Modernisasyon; at walang Diyos sa mundo." Hindi lamang iyan, ipinapahayag nito sa bawat pagkakataon, "Umasa tayo sa ating kasipagan para makabuo tayo ng sarili nating magandang bayan," na hinihiling sa bawat tao na maging handa mula sa pagkabata na matapat na makapaglingkod sa kanilang bansa. Dinala ang tao, nang walang kamalay-malay, sa presensya nito, kung saan walang pag-aatubiling kinamkam nito ang buong karangalan (ibig sabihin ay ang karangalang nauukol sa Diyos sa pagpigil sa buong

^a Ang Apat na Aklat at Limang Klasiko ay mapagkakatiwalaang tumpak na mga aklat ng Confucianism sa China.

sangkatauhan sa Kanyang mga kamay) para sa sarili nito. Hindi ito nagkaroon ng anumang kahihyan kailanman. Bukod pa rito, hindi ito nahiyang agawin ang mga tao ng Diyos at hilahin sila pabalik sa bahay nito, kung saan tumalon ito na parang daga papunta sa ibabaw ng mesa at pinasamba ang tao rito bilang Diyos. Napakadesperado nito! Iskandaloso itong sumisigaw ng mga bagay na nakakagulat, tulad ng: “Walang Diyos sa mundo. Ang hangin ay nagmumula sa mga pagbabago ayon sa mga batas ng kalikasan; ang ulan ay dumarating kapag sumisingaw ang tubig, na sumasalubong sa malalamig na temperatura, bumabagsak bilang mga patak sa lupa; ang lindol ay pagyanig ng ibabaw ng lupa dahil sa mga pagbabagong nangyayari dito; ang tagtuyot ay dulot ng pagkatuyo ng hangin kapag gumalaw ang pinakagitna sa ibabaw ng araw. Ang mga ito ay mga kababalaghan ng kalikasan. Nasaan, sa lahat ng ito, ang gawain ng Diyos?” Mayroon pa ngang mga sumisigaw ng mga pahayag na gaya ng sumusunod, mga bagay na hindi dapat ipahayag: “Ang tao ay nagmula sa unggoy noong unang panahon, at ang mundo ngayon ay nagmumula sa sunud-sunod na mga sinaunang lipunan na nagsimula humigit-kumulang isang bilyong taon na ang nakakaraan. Ang pag-unlad o pagbagsak ng isang bansa ay nakasalalay sa mga kamay ng mga mamamayan nito.” Sa likod nito, isinasabit ito ng tao sa dingding o ipinapatong ito sa mesa upang pagpitaganan at alayan iyon. Kasabay ng pagsigaw nito ng, “Walang Diyos,” itinataas nito ang sarili bilang Diyos, walang habas na itinutulak ang Diyos palabas ng mga hangganan ng lupa, samantalang nakatayo sa lugar ng Diyos at kumikilos bilang ang hari ng mga diyablo. Hindi na talaga makatwiran! Dahil dito, sagad sa buto ang pagkamuhi rito ng tao. Tila mortal na magkaaway sila ng Diyos, at hindi maaaring magkasama silang dalawa. Nagbabalak itong itaboy ang Diyos palayo samantalang ito ay malayang gumagala, nang hindi nasasakop ng batas.² Hari nga ito ng mga diyablo! Paano matitiis ang pag-iral nito? Hindi ito magpapahinga hangga’t hindi nito nagugulo ang gawain ng Diyos at iniwan itong ganap na magulo,³ na para bang nais nitong labanan ang Diyos hanggang sa huli, hanggang sa mamatay ang mga isda o masira ang lambat, na sadyang nilalabanan ang Diyos at palapit pa nang palapit. Matagal nang nalantad ang kasuklam-suklam nitong mukha, ngayo’y lamog at bugbog⁴ na ito at nasa kakila-kilabot na kalagayan, subalit hindi pa rin maglulubag ang loob nito sa pagkamuhi sa Diyos, na para bang huhupa lamang ang pagkamuhing tinimpi sa puso nito kapag nilamon na nito nang buo ang Diyos sa isang subuan. Paano natin matitiis ito, ang kaaway na ito ng Diyos! Tanging ang pagpuksa at ganap na paglipol lamang dito matutupad ang inaasam natin sa buhay. Paano ito mapapayagang patuloy na magpakalat-kalat? Nagawa nitong tiwali ang tao hanggang sa hindi na alam ng tao ang langit-araw, at naging manhid at

² Ang “malayang gumagala, nang hindi nasasakop ng batas” ay nagpapahiwatig na nagagalit at naghuhuramentado ang diyablo.

³ Ang “ganap na magulo” ay tumutukoy sa kung paanong hindi makayanang tingnan ang marahas na pag-uugali ng diyablo.

⁴ Ang “lamog at bugbog” ay tumutukoy sa pangit na mukha ng hari ng mga diyablo.

walang pakiramdam. Nawalan na ng normal na katwiran ang tao. Bakit hindi natin ialay ang buo nating pagkatao para sirain at sunugin ito upang maalis ang lahat ng alalahanin sa hinaharap at tulutan ang gawain ng Diyos na umabot sa walang-katumbas na kaningningan sa lalong madaling panahon? Naparito sa mundo ng mga tao ang grupong ito ng mga tampalasan at ginulo ito nang husto. Nadala na nila ang buong sangkatauhan sa bingit ng isang bangin, lihim na nagpaplanong itulak sila pababa para magkaluray-luray upang malamon nila ang kanilang bangkay pagkatapos. Walang saysay silang umaasang sirain ang plano ng Diyos at makipagkumpitensya sa Kanya, na sapalarang isinusugal ang lahat nang minsanan.⁵ Hindi madaling gawin iyon! Kunsabagay ay nakahanda na ang krus para sa hari ng mga diyablo, na may kagagawan ng pinakamasasamang krimen. Hindi nabibilang ang Diyos sa krus. Itinabi na Niya ito para sa diyablo. Matagal nang nanalo ang Diyos at hindi na nakakaramdam ng kalungkutan sa mga kasalanan ng sangkatauhan, ngunit maghahatid Siya ng kaligtasan sa buong sangkatauhan.

Mula itaas hanggang ibaba at mula simula hanggang wakas, ginagambala na ni Satanas ang gawain ng Diyos at kumikilos laban sa Kanya. Lahat ng pag-uusap na ito tungkol sa “sinaunang pamanang kultura,” mahalagang “kaalaman tungkol sa sinaunang kultura,” “mga turo ng Taoism at Confucianism,” at “Confucian classics at mga seremonyang pyudal” ay dinala na ang tao sa impiyerno. Ang mas maunlad na makabagong-panahong siyensya at teknolohiya, pati na ang lubhang maunlad na industriya, agrikultura, at pagnenegosyo ay hindi makita kahit saan. Sa halip, binibigyang-diin lamang nito ang mga ritwal na pyudal na ipinalaganap ng sinaunang “mga unggoy” upang sadyang gambalain, labanan, at lansagin ang gawain ng Diyos. Hindi lamang nito patuloy na sinaktan ang tao hanggang sa araw na ito, kundi nais pa nitong lunukin nang buo⁶ ang tao. Ang paghahatid ng moral at etikal na mga turo ng pyudalismo at ang pagpapasa ng kaalaman tungkol sa sinaunang kultura ay matagal nang nahawahan ang sangkatauhan, at ginawa silang mga diyablong malalaki at maliliit. lilan lamang ang masayang tatanggap sa Diyos, at buong kagalakang sasalubong sa Kanyang pagdating. Ang mukha ng buong sangkatauhan ay puno ng layuning pumatay, at sa lahat ng lugar, ramdam ang layuning pumatay. Hangad nilang palayasin ang Diyos mula sa lupaing ito; hawak ang mga kutsilyo at espada, inaayos nila ang kanilang sarili sa pakikipaglaban upang “puksain” ang Diyos. Sa buong lupaing ito ng diyablo, kung saan palaging itinuturo na walang Diyos, nagkalat ang mga diyus-diyusan, at nakakalat sa hangin sa ibabaw ang nakakasukang amoy ng nasusunog na papel at insenso, na masyadong makapal kaya mahirap huminga. Para iyong amoy ng putik na sumisingaw pataas sa pagpulupot ng makamandag na

⁵ Ang ibig sabihin ng “sapalarang isinusugal ang lahat nang minsanan” ay itaya ang lahat ng pera ng isang tao sa pag-asang manalo sa huli. Ito ay isang metapora para sa masama at karumaldumal na mga pakana ng diyablo. Ginagamit ang pahayag na ito nang patuya.

⁶ Ang “lunukin” ay tumutukoy sa marahas na pag-uugali ng hari ng mga diyablo, na sinasaklot nang buo ang mga tao.

ahas, kaya hindi mapigil ng tao na masuka. Bukod dito, bahagyang maririnig ang ingay ng masasamang demonyo na sabay-sabay na sinasambit ang mga banal na kasulatan, isang ingay na tila nanggagaling sa malayong impiyerno, kaya hindi mapigil ng tao na manginig. Sa lahat ng dako ng lupaing ito ay may nakalagay na mga diyus-diyusan na kakulay ng bahaghari, na ginagawang isang mundo ng mahahalay na kasiyahan ang lupain, samantalang patuloy na humahalakhak nang buong kasamaan ang hari ng mga diyablo, na para bang nagtagumpay na ang masamang balak nito. Samantala, nananatili itong lubos na wala sa loob ng tao, at ni wala rin siyang kamalay-malay na nagawa na siyang tiwali ng diyablo hanggang sa punto kung saan nawalan na siya ng pakiramdam at nakayuko dahil sa pagkatalo. Nais nitong palisin, sa isang iglap, ang lahat ng tungkol sa Diyos, at muli Siyang pasamain at paslangin; hangad nitong ibagsak at guluhin ang Kanyang gawain. Paano nito matutulutan ang Diyos na makapantay sa katayuan? Paano nito matitiis na “humadlang” ang Diyos sa gawain nito sa mga tao sa lupa? Paano nito matutulutan ang Diyos na ilantad ang kasuklam-suklam nitong mukha? Paano nito matutulutan ang Diyos na gambalain ang gawain nito? Paano mapapayagan ng diyablong ito, na nagpupuyos ang galit, na makontrol ng Diyos ang maharlikang hukuman nito sa lupa? Paano nito matatanggap nang maluwag ang nakahihigit na kapangyarihan Niya? Nabunyag na ang kasuklam-suklam nitong mukha kung ano talaga ito, kaya hindi alam ng tao kung tatawa siya o iiyak, at talagang mahirap itong banggitin. Hindi ba ito ang diwa nito? May pangit na kaluluwa, naniniwala pa rin ito na di-kapani-paniwala ang kagandahan nito. Ang grupong ito ng magkakasabuwat sa krimen!⁷ Bumababa sila sa mundo ng mga mortal upang magpakasaya at magsanhi ng kaguluhan, na ginugulo nang husto ang mga bagay-bagay kaya nagiging salawahan at pabagu-bago ang mundo at natataranta at hindi mapakali ang puso ng tao, at napaglaruan nila nang husto ang tao kaya nagmukha siyang isang malupit na hayop sa parang, napakapangit, at wala na ang pinakahuling bakas ng orihinal na taong banal. Bukod pa rito, nais pa nilang kunin ang pinakamataas na kapangyarihan sa lupa. Hinahadlangan nila nang husto ang gawain ng Diyos kaya hindi ito halos makasulong, at sinasarhan nila ang tao nang kasinghigpit ng mga pader na tanso at bakal. Dahil napakaraming nagawang kasalanan at nagsanhi ng napakaraming kalamidad, may inaasahan pa ba silang iba maliban sa pagkastigo? Naghuhuramentado na ang mga demonyo at masasamang espiritu sa lupa, at nasarhan na kapwa ang kalooban at matiyagang pagsisikap ng Diyos kaya hindi na sila mapasok. Totoo, mortal na kasalanan ito! Paanong hindi mababalisa ang Diyos? Paanong hindi mapopoot ang Diyos? Matindi na nilang hinadlangan at kinalaban ang gawain ng Diyos: Napakasuwail! Pati mga demonyong iyon, na malalaki at maliliit, ay kumikilos na parang mga asong-gubat sa mga sakong ng leon, at sumusunod sa daloy na kasamaan, nagbabalak na manggulo sa kanilang pagdaan. Batid ang katotohanan, sadya nila itong nilalabanan, nitong mga anak ng suwail! Para bang, ngayong nakaakyat

⁷ Ang “magkakasabuwat sa krimen” ay kapareho ng uri ng “isang grupo ng mga butangero.”

na ang kanilang hari ng impiyerno sa luklukan ng hari, naging mayabang sila at kampante, na tinatrato ang lahat ng iba pa nang may pag-alipusta. Ilan sa kanila ang naghahanap sa katotohanan at sumusunod sa katuwiran? Silang lahat ay mga hayop, walang ipinagkaiba sa mga baboy at aso, namumuno sa isang pangkat ng mababahong langaw, iwinawagwag ang kanilang ulo nang buong kayabangan para batiin ang kanilang sarili at nagpapasimula ng lahat ng klase ng gulo,⁸ sa gitna ng isang tumpok ng dumi ng hayop. Naniniwala sila na ang kanilang hari ng impiyerno ang pinakadakilang hari sa lahat, nang hindi natatanto na sila mismo ay katulad ng mababahong langaw. Subalit, sinasamantala nila ang kapangyarihan ng mga baboy at aso na taglay nila para siraan ng mga magulang ang pag-iral ng Diyos. Bilang maliliit na langaw, naniniwala sila na kasinlaki ng mga asul na balyena⁹ ang kanilang mga magulang. Hindi nila alam na, samantalang sila man ay maliliit, ang kanilang mga magulang ay maruruming baboy at aso na milyun-milyong beses na mas malaki kaysa sa kanila. Walang kamalay-malay sa sarili nilang kaabahan, pinanghahawakan nila ang baho ng kabulukang nagmumula sa mga baboy at asong iyon para maghuramentado, walang saysay na iniisip na magpakarami para sa hinaharap na mga henerasyon, nang hindi nahihiya! May berdeng mga pakpak sa kanilang likod (tumutukoy ito sa pahayag nila na naniniwala sila sa Diyos), hambog sila at ipinagyayabang nila sa lahat ng dako ang sarili nilang kagandahan at pang-akit, samantalang lihim nilang inihahagis sa tao ang karumihan sa sarili nilang katawan. Bukod pa rito, labis silang nasisiyahan sa kanilang sarili, na para bang magagamit nila ang isang pares ng mga pakpak na kakulay ng bahaghari para itago ang sarili nilang karumihan, at sa pamamagitan nito ay isinisisi nila ang kanilang kaapihan sa pag-iral ng tunay na Diyos (tumutukoy ito sa nangyayari sa likod ng mga tagpo sa daigdig ng relihiyon). Paano malalaman ng tao na, nakabibighani man ang ganda ng mga pakpak ng isang langaw, ang langaw mismo ay isa ring maliit na nilikha, na puno ng dumi ang tiyan at balot ng mga mikrobyo ang katawan? Sa lakas ng mga baboy at aso na taglay nila para sa mga magulang, naghuhuramentado sila sa buong lupain (tumutukoy ito sa paraan kung saan umaasa ang mga opisyal ng relihiyon na umuusig sa Diyos sa malakas na suporta ng gobyerno ng bansa upang labanan ang tunay na Diyos at ang katotohanan), na walang pumipigil sa kanilang kalupitan. Parang nagbalik ang mga multo ng mga Hudiyong Pariseo na kasama ng Diyos sa bansa ng malaking pulang dragon, pabalik sa dati nilang pugad. Nagsimula na sila ng isa pang pag-uusig, na itinutuloy ang kanilang gawain ilang libong taon na ang nakararaan. Ang grupong ito ng masasamang tao ay tiyak na masasawi sa lupa sa huli! Lalabas na, pagkaraan ng ilang libong taon, naging mas tuso at mandaraya pa ang karumal-dumal na mga espiritu.

⁸ Ang “nagpapasimula ng lahat ng klase ng gulo” ay tumutukoy sa kung paano ginugulo, hinahadlangan at nilalabanan ng demonyong mga tao ang gawain ng Diyos.

⁹ Ang “mga asul na balyena” ay ginagamit nang patuya. Ito ay isang metapora para sa kung paanong napakaliliit ng mga langaw kaya mukhang kasinlaki ng mga balyena ang mga baboy at aso.

Palagi silang nag-iisip ng mga paraan upang lihim na pahinain ang gawain ng Diyos. Sa marami nilang panloloko at panlilinlang, nais nilang ulitin sa kanilang lupang-tinubuan ang trahedya ng ilang libong taong nakaraan, hanggang sa halos mapasigaw ang Diyos. Halos hindi Niya mapigil ang Kanyang Sarili na magbalik sa ikatlong langit upang lipulin sila. Para mahalin ng tao ang Diyos, kailangan niyang maunawaan ang Kanyang kalooban, malaman ang Kanyang mga kagalakan at kalungkutan, at maunawaan kung ano ang Kanyang kinasusuklaman. Ang paggawa nito ay lalong mag-uudyok sa pagpasok ng tao. Kapag mas mabilis ang pagpasok ng tao, mas mabilis na masisiyahan ang kalooban ng Diyos, mas malinaw na makikilala ng tao ang hari ng mga diyablo, at mas mapapalapit siya sa Diyos, upang matupad ang Kanyang hangarin.

Gawain at Pagpasok 8

Nasabi Ko na nang maraming beses na ang gawain ng Diyos sa mga huling araw ay ginagawa upang baguhin ang espiritu ng bawat tao, upang baguhin ang kaluluwa ng bawat tao, nang sa gayon ang kanilang puso, na nagdusa na ng matinding pinsala, ay mabago, sa gayon ay masagip ang kanilang kaluluwa, na matindi nang napinsala ng kasamaan: ito ay upang gisingin ang espiritu ng mga tao, upang tunawin ang kanilang malamig na mga puso, at tulutan silang mapasigla muli. Ito ang pinakadakilang kalooban ng Diyos. Isantabi ang usapin tungkol sa kung gaano katayog o kalalim ang buhay at mga karanasan ng tao; kapag nagising na ang puso ng mga tao, kapag nagising na sila mula sa kanilang mga panaginip at nalaman nang husto ang pinsalang idinulot ng malaking pulang dragon, natapos na ang gawain ng ministeryo ng Diyos. Ang araw na tapos na ang gawain ng Diyos ay ang araw rin kung kailan opisyal nang nagsisimula ang tao sa tamang landas ng paniniwala sa Diyos. Sa panahong ito, dumating na sa katapusan ang ministeryo ng Diyos: Ganap nang natapos ang gawain ng Diyos na nagkatawang-tao, at opisyal nang magsisimula ang tao na gampanan ang tungkulin na nararapat niyang gampanan—gagampanan niya ang kanyang ministeryo. Ang mga ito ang mga hakbang ng gawain ng Diyos. Kaya, dapat kayong mangapa para sa inyong landas sa pagpasok mula sa pundasyon ng pagkaalam ng mga bagay na ito. Ang lahat ng ito ang dapat ninyong maunawaan. Mapapabuti lamang ang pagpasok ng tao kapag ang mga pagbabago ay nangyari na sa kaibuturan ng kanyang puso, sapagka't ang gawain ng Diyos ang ganap na kaligtasan ng tao—ang tao na natubos, na namumuhay pa rin sa ilalim ng mga puwersa ng kadiliman, at hindi pa kailanman ginising ang sarili niya—mula sa lugar na ito na pinagtitipunan ng mga demonyo; ito ay upang ang tao ay maaaring mapalaya mula sa libu-libong taon ng kasalanan, at maging mga iniibig ng Diyos, ganap na pinababagsak ang malaking pulang dragon, itinatatag ang kaharian ng Diyos, at pinagpapahinga ang puso ng Diyos nang mas maaga; ito ay upang mailabas, nang walang pasubali, ang galit na lumalaki sa inyong dibdib, upang puksain yaong inaamag

na mga mikrobyo, upang tulutan kayo na iwan ang buhay na ito na hindi naiiba mula sa buhay ng isang baka o kabayo, upang hindi na maging isang alipin, upang hindi na maging malayang natatapak-tapakan o inuutus-utusan ng malaking pulang dragon; hindi na kayo magiging bahagi ng nabigong bansang ito, hindi na magiging pagmamay-ari ng kasuklam-suklam na malaking pulang dragon, at hindi na kayo maaalipin nito. Ang pugad ng mga demonyo ay tiyak na luluray-lurayin ng Diyos, at kayo ay tatayo sa tabi ng Diyos—kayo ay pagmamay-ari ng Diyos, at hindi nabibilang sa imperyong ito ng mga alipin. Matagal nang kinasuklaman ng Diyos ang madilim na lipunang ito hanggang sa Kanya mismong mga buto. Nagngangalit ang Kanyang mga ngipin, sabik Siyang mariing tapakan ang masama at kasuklam-suklam na matandang ahas na ito, nang sa gayon hindi na ito maaaring bumangon pang muli, at hindi na kailanman muling aabusuhin ang tao; hindi Niya patatawarin ang mga kilos nito sa nakaraan, hindi Niya titiisin ang panlilinlang nito sa tao, at pagbabayaran Niya ito para sa bawat kasalanan nito sa mga nagdaang kapanahunan. Hindi hahayaan ng Diyos ni katiting na mawalan ng pananagutan ang pasimunong ito ng lahat ng kasamaan,¹ lubos Niya itong wawasakin.

Sa loob ng libu-libong taon, ito ang naging lupain ng karumihan. Hindi matitiis ang karumihan nito, napakalungkot dito, naglipana ang mga multo sa buong paligid, nanlalansi at nanlilinlang, nagpapatang nang walang batayan,² walang-awa at malupit, niyuyurakan ang bayang ito ng mga multo at iniwan itong nagkalat ang mga patay na katawan; ang amoy ng pagkabulok ay bumabalot sa lupain at kumakalat sa hangin, at ito ay mahigpit na binabantayan.³ Sino ang makakakita sa mundo sa kabila ng himpapawid? Mahigpit na ginagapos ng demonyo ang buong katawan ng tao, tinatakpan nito ang pareho niyang mga mata, at siniselyuhan nang mahigpit ang kanyang mga labi. Nagwala na ang hari ng mga diyablo sa loob ng ilang libong taon, magpahanggang sa ngayon, kung kailan patuloy pa rin nitong mahigpit na binabantayan ang bayan ng mga multo, na para bang ito ay di-mapapasok na palasyo ng mga demonyo; samantala, ang pangkat na ito ng mga asong-tagapagbantay ay nakatitig nang nanlilisik ang mga mata, takot na takot na mahuhuli sila ng Diyos nang hindi nila namamalayan at lilipulin silang lahat, at iiwan sila na walang lugar ng kapayapaan at kaligayahan. Paano kaya nakita kailanman ng mga taong nakatira sa ganitong bayan ng mga multo ang Diyos? Natamasa na ba nila kahit kailan ang pagiging kagiliw-giliw at ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos? Anong pagpapahalaga ang mayroon sila para sa mga bagay sa mundo ng tao? Sino sa kanila ang maaaring

¹ Ang “pasimunong ito ng lahat ng kasamaan” ay tumutukoy sa matandang diyablo. Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng sukdulang pagkamuhì.

² Ang “nagpapatang nang walang batayan” ay tumutukoy sa mga paraan kung paano pinipinsala ng diyablo ang mga tao.

³ Ang “mahigpit na binabantayan” ay nagpapahiwatig na ang mga paraan kung saan pinahirapan ng diyablo ang mga tao ay lalo nang malupit, at kontrolado nang labis ang mga tao na wala na silang makilusan.

makaunawa sa sabik na kalooban ng Diyos? Hindi na gaanong nakapagtataka, kung gayon, na nananatiling ganap na nakatago ang Diyos na nagkatawang-tao: Sa isang madilim na lipunang tulad nito, kung saan ang mga demonyo ay walang puso at hindi makatao, paanong matitiis ng hari ng mga diyablo, na pumapatay ng mga tao nang walang pakundangan, ang pag-iral ng isang Diyos na kaibig-ibig, mabait, at banal din? Paano nito maaaring papurihan at ipagsaya ang pagdating ng Diyos? Ang mga sunud-sunurang ito! Sinusuklian nila ng poot ang kabaitan, matagal na nilang sinimulang tratuhing kaaway ang Diyos, inaabuso nila ang Diyos, sukdulan ang kanilang kalupitan, wala sila ni bahagyang pagsasaalang-alang para sa Diyos, nandarambong sila at nanloloob, nawalan na silang lubusan ng budhi, wala silang konsensya, at tinutukso nila ang mga walang-muwang upang mawalan ng katwiran. Mga ninuno ng sinauna? Minamahal na mga lider? Tinututulan nilang lahat ang Diyos! Iniwan ng kanilang panghihimasok ang lahat sa silong ng langit sa isang kalagayan ng kadiliman at ganap na kaguluhan! Kalayaang pangrelihiyon? Lehitimong mga karapatan at mga interes ng mga mamamayan? Ang mga iyon ay mga panlalansing lahat para pagtakpan ang kasalanan! Sino ang nakayakap na sa gawain ng Diyos? Sino ang nagbuwis na ng kanilang buhay o nagpadanak na ng dugo para sa gawain ng Diyos? Sa sali't salinlahi, mula sa mga magulang hanggang sa mga anak, basta na lamang inalipin ng inaliping tao ang Diyos—paano itong hindi magbubunsod ng matinding galit? Ang libu-libong taon ng poot ay naiipon sa puso, nakaukit sa puso ang libu-libong taon ng pagkamakasalanan—paanong hindi ito pupukaw ng pagkasuklam? Ipaghiganti ang Diyos, ganap na lipulin ang Kanyang kaaway, huwag nang hayaan pa itong patuloy na magwala, at huwag na itong hayaang mamuno bilang isang diktador! Ngayon na ang oras: Matagal nang tinipon ng tao ang lahat ng kanyang lakas, nailaan na niya ang lahat ng kanyang pagsisikap at binayaran ang bawat halaga para dito, upang punitin ang kahindik-hindik na mukha ng demonyong ito at tulutan ang mga tao, na nabulag na, at nagtiis na ng bawat uri ng pagdurusa at paghihirap, na bumangon mula sa kanilang pasakit at talikuran ang masama at matandang diyablong ito. Bakit naglalagay ng isang di-mapapasok na balakid sa gawain ng Diyos? Bakit gumagamit ng iba't ibang pandaraya upang linlangin ang mga tao ng Diyos? Nasaan ang tunay na kalayaan at lehitimong mga karapatan at mga interes? Nasaan ang katarungan? Nasaan ang kaaliwan? Nasaan ang init? Bakit gumagamit ng madayang mga pakana upang linlangin ang mga tao ng Diyos? Bakit gumagamit ng puwersa para pigilin ang pagdating ng Diyos? Bakit hindi hinahayaan ang Diyos na malayang gumala sa ibabaw ng lupa na nilikha Niya? Bakit tinutugis ang Diyos hanggang wala na Siyang mapagpahingahan man lamang ng Kanyang ulo? Nasaan ang init sa gitna ng mga tao? Nasaan ang pagsalubong sa gitna ng mga tao? Bakit nagdudulot ng gayon katinding pananabik sa Diyos? Bakit patatawagin ang Diyos nang paulit-ulit? Bakit pinipilit ang Diyos na mag-alala para sa Kanyang minamahal na Anak? Sa madilim na lipunang ito, bakit hindi hinahayaan ng nakakaawang mga asong-bantay nito na malayang

dumating at umalis ang Diyos sa gitna ng mundong nilikha Niya? Bakit hindi naiintindihan ng tao, ng taong nabubuhay sa gitna ng pasakit at pagdurusa? Alang-alang sa inyo, nagtiis na ang Diyos ng matinding paghihirap, taglay ang matinding pasakit, ibinigay na Niya ang Kanyang minamahal na Anak, ang Kanyang laman at dugo, sa inyo—kaya bakit nagbubulag-bulagan pa rin kayo? Kitang-kita ng lahat, tinatanggihan ninyo ang pagdating ng Diyos, at tinatanggihan ang pakikipagkaibigan ng Diyos. Bakit napakawalang-katwiran ninyo? Nahahanda ba kayong magtiis ng kawalang-katarungan sa madilim na lipunang tulad nito? Bakit, sa halip na pinupuno ninyo ang inyong tiyan ng libu-libong taon ng poot, ay pinapalamnan ninyo ang inyong mga sarili ng “dumi” ng hari ng mga diyablo?

Gaano kalalaki ang mga hadlang sa gawain ng Diyos? May nakaalam na ba kahit kailan? Sa pagkakakulong ng mga tao sa malalang bahid ng pamahiin, sino’ng may kakayanang malaman ang totoong mukha ng Diyos? Sa paurong na kaalamang ito sa kultura na napakababaw at kakatwa, paano nila lubusang mauunawaan ang mga salitang sinabi ng Diyos? Kahit pa sila ay kinakausap nang harapan, at pinalulusog nang bibig sa bibig, paano sila makakaunawa? Kung minsan para bang ang mga salita ng Diyos ay hindi naririnig: Wala ni katiting na reaksiyon ang mga tao, iniiling nila ang kanilang mga ulo at walang naiintindihan. Paanong hindi ito makababahala? Itong “malayong,⁴ sinaunang kasaysayan ng kultura at kaalaman sa kultura” ay nakapag-alaga na ng gayong walang-kabuluhang pangkat ng mga tao. Itong sinaunang kultura—mahalagang pamana—ay isang buntong ng basura! Matagal na itong naging walang-katapusang kahihiyan, at hindi nararapat banggitin! Naturuan na nito ang mga tao ng mga pandaraya at mga pamamaraan ng pagsalungat sa Diyos, at ang “may kaayusan at mahinahong patnubay”⁵ ng edukasyong pambansa ay nagawa na ang mga taong mas higit pang suwail sa Diyos. Bawat bahagi ng gawain ng Diyos ay napakahirap gawin, at bawat hakbang ng Kanyang gawain sa lupa ay nakakabalisa sa Diyos. Napakahirap ng gawain Niya sa lupa! Ang mga hakbang ng gawain ng Diyos sa lupa ay kinapapalooban ng matinding kahirapan: Ang kahinaan ng tao, mga kakulangan, pagiging isip-bata, kamangmangan, at lahat ng bagay ng tao, ay maingat na pinagpaplanuhan at masusing isinasaalang-alang ng Diyos. Ang tao ay parang isang tigreng papel na walang naglalakas-loob na painan o galitin; sa pinakabahagyang paghipo siya ay kaagad nangangagat, o kaya ay nahuhulog at naliligaw sa kanyang daan, at para bang, sa bahagyang pagkawala ng konsentrasyon, siya’y bumabalik sa dati, o kung hindi ay winawalang-bahala ang Diyos, o tumatakbo sa mga magulang niyang tulad ng mga baboy at aso upang magpakasawa sa maruming mga bagay ng kanilang mga katawan. Anong tinding hadlang! Sa halos bawat hakbang ng Kanyang gawain, sumasailalim sa tukso ang Diyos, at sa halos bawat hakbang ay nanganganib ang Diyos. Ang Kanyang

⁴ Ang “malayo” ay ginagamit nang patuya.

⁵ Ang “may kaayusan at mahinahong patnubay” ay ginagamit nang pakutya.

mga salita ay taos-puso at tapat, at walang malisya, nguni't sino ang handang tanggapin ang mga ito? Sino ang handang lubusang magpasakop? Dinudurog nito ang puso ng Diyos. Gumagawa Siya araw at gabi para sa tao, napupuno Siya ng pagkabalisa para sa buhay ng tao, at nahahabag Siya sa kahinaan ng tao. Nagtiis na Siya ng maraming mga pasikut-sikot sa bawat hakbang ng Kanyang gawain, sa bawat salita na sinasabi Niya; lagi Siyang nasa pagitan ng dalawang nag-uumpugang bato, at iniisip ang kahinaan ng tao, pagsuway, pagiging parang-bata, at kahinaan ... sa lahat ng oras at nang paulit-ulit. Sino ang kailanma'y nakabatid na nito? Sino ang maaari Niyang pagtapatan? Sino ang makakayang makaunawa? Kailanman ay kinamumuhian Niya ang mga kasalanan ng tao, at ang kawalan ng gulugod, ang kawalan ng lakas ng loob ng tao, at kailanman Siya ay nag-aalala sa kahinaan ng tao, at pinag-iisipang mabuti ang landas na naghihintay sa tao. Laging, habang pinagmamasdan Niya ang mga salita at mga gawa ng tao, pinupuspos Siya ng awa, at galit, at ang makita ang mga bagay na ito ay laging nagdudulot ng pasakit sa Kanyang puso. Ang walang-muwang, matapos ang lahat, ay naging manhid na; bakit dapat laging pinahihirap ng Diyos ang mga bagay-bagay para sa kanila? Lubos na walang tiyaga ang taong mahina; bakit dapat laging may ganoong di-humuhupang galit ang Diyos tungo sa kanya? Wala ni munti mang sigla ang mahina at walang-kapangyarihang tao; bakit dapat lagi siyang pinagsasabihan ng Diyos dahil sa kanyang pagsuway? Sino ang makatatagal sa mga banta ng Diyos sa langit? Ang tao, matapos ang lahat, ay marupok, at dahil sa Kanyang desperadong kalagayan, nabaon na ng Diyos ang Kanyang galit nang malalim sa Kanyang puso, upang maaaring dahan-dahang makapagnilay ang tao sa kanyang sarili. Nguni't ang tao, na nasa malubhang kaguluhan, ay wala ni bahagyang pagpapahalaga sa kalooban ng Diyos; niyurakan na siya ng mga paa ng matandang hari ng mga diyablo, nguni't ganap na hindi niya namamalayan, palagi siyang sumasalungat sa Diyos, o kung hindi ay hindi mainit ni malamig tungo sa Diyos. Nakabigkas na ng maraming salita ang Diyos, nguni't sino ang kailanman ay nagseryoso na sa mga ito? Hindi nauunawaan ng tao ang mga salita ng Diyos, gayunpaman nananatili siyang panatag, at walang matinding pananabik, hindi kailanman tunay na nakilala ang diwa ng matandang diyablo. Nakatira ang mga tao sa Hades, sa impiyerno, nguni't naniniwala na nakatira sila sa palasyo sa pusod ng dagat; sila ay inuusig ng malaking pulang dragon, gayunpaman ang iniisip nila sa kanilang mga sarili ay ang "mapaboran"⁶ ng bansa; kinukutya sila ng diyablo nguni't iniisip na kanilang tinatamasa ang pinakamainam na sining ng laman. Anong pangkat ng mga marumi at abang mga hamak sila! Sinapit na ng tao ang kasawian, nguni't hindi niya ito nalalaman, at sa madilim na lipunang ito ay nagdursa ng sunud-sunod na

⁶ Ang "mapaboran" ay ginagamit upang tuyain ang mga taong parang blangko at walang kamalayan sa sarili.

sakuna,⁷ datapwa't hindi pa siya kailanman nagising dito. Kailan niya aalisin sa kanyang sarili ang kanyang kabaitan sa sarili at malaaliping disposisyon? Bakit sobra siyang walang malasakit sa puso ng Diyos? Tahimik ba niyang kinukunsinti ang pang-aapi at paghihirap na ito? Hindi ba niya inaasam ang araw na maaari niyang palitan ng liwanag ang kadiliman? Hindi ba niya inaasam na minsan pang malunasan ang mga kawalang-hustisya tungo sa katuwiran at katotohanan? Handa ba siyang manood nang walang ginagawa habang tinatalikdan ng tao ang katotohanan at binabaluktot ang mga katunayan? Masaya ba siyang patuloy na tiisin ang pagmamaltratong ito? Payag ba siyang maging alipin? Handa ba siyang mamatay sa mga kamay ng Diyos kasama ang mga alipin ng nabigong kalagayang ito? Nasaan ang iyong kapasyahan? Nasaan ang iyong ambisyon? Nasaan ang iyong dignidad? Nasaan ang iyong integridad? Nasaan ang iyong kalayaan? Handa ka bang ibigay ang iyong buong buhay⁸ para sa malaking pulang dragon, ang hari ng mga diyablo? Masaya ka bang hayaan itong pahirapan ka hanggang kamatayan? Ang mukha ng kalaliman ay magulo at madilim, habang ang mga karaniwang tao, na nagdurusa ng matinding pasakit, ay umiiyak sa Langit at nagrereklamo sa lupa. Kailan maitataas ng tao ang kanyang ulo? Payat at buto't balat ang tao, paano niya malalabanan itong malupit at abusadong diyablo? Bakit hindi niya ibinibigay ang kanyang buhay sa Diyos sa pinakamadaling panahong makakaya niya? Bakit nag-aalinlangan pa rin siya? Kailan niya matatapos ang gawain ng Diyos? Dahil walang-katuturang tinakot at inapi nang ganoon, ang kanyang buong buhay sa kahulihulihan ay magugugol sa walang-kabuluhan; bakit siya nagmamadaling dumating, at nagmamadaling umalis? Bakit hindi siya nagtatabi ng isang bagay na mahalaga upang ibigay sa Diyos? Nakalimutan na ba niya ang libu-libong taon ng poot?

Marahil, maraming tao ang namumuhi sa ilan sa mga salita ng Diyos, o marahil hindi sila namumuhi rito ni mayroong anumang interes dito. Kung anuman, ang mga katunayan ay hindi maaaring maging kakatwang pangangatwiran; walang maaaring magsabi ng mga salitang sumasalungat sa mga katunayan. Naging tao na sa panahong ito ang Diyos upang gawin ang gayong gawain, upang tapusin ang gawaing hindi pa Niya natatapos, upang dalhin ang kapanahunang ito sa katapusan, upang hatulan ang kapanahunang ito, upang iligtas ang lubhang makasalanan mula sa mundo ng dagat ng pagdurusa, at lubos silang baguhin. Ipinako ng mga Hudyo ang Diyos sa krus, sa gayon ay tinatapos ang mga paglalakbay ng Diyos sa Judea. Hindi nagtagal, ang Diyos ay personal na naparitong muli sa gitna ng tao, tahimik na dumarating sa bansa ng malaking pulang dragon. Sa katunayan, ang relihiyosong komunidad ng bansang Hudyo ay matagal nang nagsabit ng larawan ni Jesus sa kanilang mga dingding, at mula sa kanilang mga bibig ay tumawag ang mga tao ng "Panginoong Jesucristo." Hindi nila alam na matagal nang

⁷ Ang "nagdurusa ng sunud-sunod na sakuna" ay nagpapahiwatig na ang mga tao ay ipinanganak sa lupain ng malaking pulang dragon, at hindi nila kayang itaas ang kanilang mga ulo.

⁸ Ang "ibigay ang iyong buong buhay" ay ipinapakahulugan sa paraang mapanirang-puri.

tinanggap ni Jesus ang utos ng Kanyang Ama na bumalik sa gitna ng tao upang tapusin ang ikalawang yugto ng Kanyang hindi pa natatapos na gawain. Bilang resulta, nagulat ang mga tao nang tumingin sila sa Kanya: Ipinanganak Siya sa gitna ng isang mundo kung saan maraming kapanahunan na ang lumipas, at nagpakita Siya sa mga tao na may hitsura ng isa na sukdulang karaniwan. Sa katunayan, habang lumilipas ang mga kapanahunan, ang Kanyang damit at buong hitsura ay nagbago, na tila ba na Siya ay isinilang muli. Paano kaya malalaman ng mga tao na Siya ay ang mismong parehong Panginoong Jesucristo na bumaba mula sa krus at muling nabuhay? Wala Siya ni bahagyang bakas ng pinsala, gaya nang si Jesus ay walang pagkakahawig kay Jehova. Ang Jesus ngayon ay matagal nang walang kinalaman sa nakalipas na mga panahon. Paano kaya Siya makikilala ng mga tao? Ang mapanlinlang na si “Tomas” ay palaging nagdududa na Siya ay si Jesus na muling nabuhay, at nais niya na palaging makita ang mga peklat mula sa mga pako sa mga kamay ni Jesus bago siya maniniwala; hangga’t hindi niya nakikita ang mga iyon, palagi siyang magdududa, at walang kakayahang manindigan at sumunod kay Jesus. Kawawang “Tomas”—paano kaya niya malalaman na dumating na si Jesus upang gawin ang gawaing itinagubilin ng Diyos Ama? Bakit kailangang taglayin ni Jesus ang mga peklat ng pagkakapako sa krus? Ang mga peklat ba ng pagkakapako sa krus ang marka ni Jesus? Dumating na Siya upang gumawa para sa kalooban ng Kanyang Ama; bakit Siya darating nang nakadamit at nakagayak bilang isang Hudyo mula sa ilang libong taon na ang nakakaraan? Ang anyo kaya na ibinibihis ng Diyos sa katawang-tao ay makahahadlang sa gawain ng Diyos? Kaninong teorya ito? Kapag ang Diyos ay gumagawa, bakit ito kailangang maging alinsunod sa kathang-isip ng tao? Ang tanging bagay na pinagtutuunan ng Diyos sa Kanyang gawain ay ang magkaroon ito ng epekto. Hindi Siya sumusunod sa batas, at walang mga patakaran sa Kanyang gawain—paano ito maaarok ng tao? Paanong malinaw na makikita ng tao ang gawain ng Diyos sa pamamagitan ng pag-asa sa kanyang mga kuru-kuro at haka-haka? Kaya pinakamahasag na pumirmi kayo nang maayos: Huwag mabahala sa maliliit na bagay, at huwag palakihin ang mga bagay na bago lamang sa inyo—pipigilan ka nitong ipahiya ang sarili mo at maging katawa-tawa sa ibang tao. Naniwala ka na sa Diyos sa maraming taong ito nguni’t hindi mo pa rin nakikilala ang Diyos. Sa kahuli-hulihan, inilulubog ka sa pagkasting, ikaw, na inilagay na “pinakamataas sa klase,”⁹ ay isinasama sa hanay ng mga kinasting. Mainam na huwag kang gumamit ng mga tusong pamamaraan upang ipagyabang ang iyong mga simpleng pandaraya. Maaari kayang tunay na madama ng iyong makitid na pananaw ang Diyos, na nakakakita mula sa walang-hanggan hanggang sa walang-hanggan? Matutulutan ba ng iyong mababaw na mga karanasan na makita mo nang ganap ang kalooban ng Diyos?

⁹ Ang “pinakamataas sa klase” ay ginagamit para tuyain ang mga marubdob na naghahabol sa Diyos.

Huwag kang maging palalo. Ang Diyos, matapos ang lahat, ay hindi mula sa mundo—kaya paanong ang Kanyang gawain ay magiging gaya ng iyong inaasahan?

Gawain at Pagpasok 9

Ang nakabaong mga katutubong kaugalian at pangkaisipang pananaw ay matagal nang nakalambong sa ibabaw ng dalisay at walang-muwang na espiritu ng tao, at nasalakay na ng mga iyon ang kaluluwa ng tao nang wala kahit bahagyang pagkatao, na parang walang damdamin o anumang pakiramdam ng sarili. Sukdulang malupit ang mga paraan ng mga demonyong ito, at para bang ang “edukasyon” at “pag-aaruga” ay naging ang mga tradisyonal na pamamaraan kung paano pinapaslang ng hari ng mga diyablo ang tao. Gamit ang “malalim na turo” nito, lubusan nitong tinatakpan ang pangit nitong kaluluwa, nagbibihis-tupa upang kunin ang tiwala ng tao at pagkatapos ay sinasamantala ang pagkakataon habang ang tao ay natutulog nang mahimbing upang ganap siyang lamunin. Kaawa-awang sangkatauhan—paano kaya nila malalaman na ang lupain kung saan sila ay pinalaki ay ang lupain ng diyablo, na ang nagpalaki sa kanila sa katunayan ay isang kaaway na nananakit sa kanila. Datapwa’t hindi pa rin nagigising man lamang ang tao; matapos mabigyang-kasiyahan ang kanyang gutom at uhaw, naghahanda siya na suklian ang “kabaitan” ng kanyang “mga magulang” sa pagpapalaki sa kanya. Ganyan ang tao. Ngayon, hindi pa rin niya alam na ang hari na nagpalaki sa kanya ay kanyang kaaway. Ang lupa ay nakakalatan ng mga buto ng patay, baliw na nagsasayang walang-tigil ang diyablo, at nagpapatuloy sa paglamon sa laman ng tao sa “mundo ng mga patay,” kasama sa libingan ng mga kalansay ng tao at walang-sawa sa pagtatangkang ubusin ang huling mga labi ng sira-sirang katawan ng tao. Gayunpaman ang tao ay wala pa ring kamuwang-muwang, at hindi kailanman itinuring ang diyablo bilang kanyang kaaway, bagkus ay pinagsisilbihan niya ito nang kanyang buong-puso. Ang ganoon kasamang mga tao ay sadyang walang-kakayahang kilalanin ang Diyos. Madali ba para sa Diyos ang maging katawang-tao at dumating sa kalagitnaan nila, isinasakatuparan ang lahat ng Kanyang gawain ng pagliligtas? Paano kaya magagawa ng tao, na sumisid na sa Hades, na tugunan ang mga hinihingi ng Diyos? Maraming gabi na walang tulog ang tiniis ng Diyos para sa kapakanan ng gawain ng sangkatauhan. Mula sa kaitaasan hanggang sa pinakamababang kalaliman, bumaba na Siya sa buhay na impiyerno kung saan ang tao ay nabubuhay upang gugulin ang Kanyang mga araw kasama ang tao, hindi Siya kailanman nagreklamo sa panlilimahid ng tao, at hindi Niya kailanman sinisi ang tao dahil sa kanyang pagsuway, kundi tinitis ang pinakamatinding kahihiyan habang personal Niyang isinasakatuparan ang Kanyang gawain. Paano kayang ang Diyos ay mabibilang sa impiyerno? Paano Niya magugugol ang Kanyang buhay sa impiyerno? Nguni’t para sa kapakanan ng buong sangkatauhan, nang sa gayon ang buong sangkatauhan ay makasumpong ng kapahingahan sa mas

lalong madaling panahon, tiniis Niya ang kahihyan at nagdusa ng kawalang-katarungan upang makaparito sa lupa, at personal na pumasok sa “impiyerno” at “Hades,” sa yungib ng tigre, upang iligtas ang tao. Paanong kwalipikado ang tao na labanan ang Diyos? Anong dahilan ang mayroon siya upang magreklamo tungkol sa Diyos? Paano siya nagkakaroon ng lakas ng loob na tumingin sa Diyos? Dumating sa pinakamaruming lupain ng kasamaan na ito ang Diyos ng langit, at hindi kailanman ibinulalas ang Kanyang mga hinaing, o nagreklamo tungkol sa tao, bagkus ay tahimik na tinatanggap ang mga pamiminsala¹ at pang-aapi ng tao. Hindi Siya kailanman gumanti sa di-makatwirang mga hinihingi ng tao, hindi Siya kailanman humingi nang labis sa tao, at hindi Siya kailanman gumawa ng di-makatwirang mga paghingi sa tao; ginagawa lamang Niya ang lahat ng gawain na kinakailangan ng tao nang walang reklamo: pagtuturo, pagliliwanag, pagsaway, pagpipino ng mga salita, pagpapaalala, panghihikayat, pang-aaliw, paghatol at paghahayag. Alin sa Kanyang mga hakbang ang hindi naging para sa buhay ng tao? Kahit naalis na Niya ang mga inaasam-asam at kapalaran ng tao, alin sa mga hakbang na isinakatuparan ng Diyos ang hindi para sa kapalaran ng tao? Alin sa mga iyon ang hindi para sa kapakanan ng pananatiling buhay ng tao? Alin sa mga iyon ang hindi para palayain ang tao mula sa paghihirap na ito at mula sa pang-aapi ng mga pwersa ng kadiliman na kasing-itim ng gabi? Alin sa mga iyon ang hindi para sa kapakanan ng tao? Sino ang maaaring makaunawa sa puso ng Diyos, na tulad ng sa isang mapagmahal na ina? Sino ang maaaring makaunawa sa sabik na puso ng Diyos? Ang masintahing puso ng Diyos at marubdob na mga pag-asam ay sinuklian ng malalamig na pakikitungo, ng mga matang walang pakiramdam at walang-pakialam, at ng paulit-ulit na mga pagsaway at mga pang-iinsulto ng tao; sinuklian ang mga iyon ng masasakit na mga salita, at pambabara, at pangmamaliit; sinuklian ang mga iyon ng panlilibak ng tao, ng kanyang pangyuyurak at pagtangga, ng kanyang hindi tamang pagkaunawa, at pagdaing, at paghiwalay, at pag-iwas, at ng walang anuman kundi panlilinlang, pag-atake, at kapaitan. Ang magigiliw na salita ay sinalubong ng mababangis na mukha at ng malamig na pagsuway ng isang libong sumasaway na mga daliri. Walang magagawa ang Diyos kundi magtiis, nakayuko ang ulo, pinagsisilbihan ang mga tao na parang maamong baka.² Napakaraming araw at buwan, napakaraming beses Niyang nakaharap ang mga bituin, napakaraming beses Siyang umalis nang madaling-araw at bumalik nang dapit-hapon, at nagpabaling-baling, tinitii ang matinding paghihirap na mas matindi ng isang libong beses kaysa sa sakit ng Kanyang pag-alis mula sa Kanyang Ama, tinitii ang mga

¹ Ang “mga pamiminsala” ay ginagamit upang ilantad ang pagsuway ng sangkatauhan.

² Ang “sinalubong ng mababangis na mukha at ng malamig na pagsuway ng isang libong sumasaway na mga daliri, nakayuko ang ulo, pinagsisilbihan ang mga tao na parang maamong baka” ay orihinal na iisang pangungusap, pero dito ay hinati sa dalawa upang mapalinaw ang mga bagay-bagay. Ang unang bahagi ng pangungusap ay tumutukoy sa mga pagkilos ng tao, samantalang ang ikalawa ay ipinahihiwatig ang pagdurusang dinanas ng Diyos, at na ang Diyos ay mapagpakumbaba at natatago.

pag-atake at pananakit ng tao, at ang pakikitungo at pagtatabas ng tao. Sinuklian ang pagpapakumbaba at pagiging tago ng Diyos ng pagkiling³ ng tao, ng di-makatarungang mga pananaw at pakikitungo ng tao, at ang tahimik na paraan ng paggawa ng Diyos nang walang pagkilala, ang Kanyang pagtitiis, at Kanyang pagpaparaya ay sinuklian ng sakim na titig ng tao; sinusubukan ng tao na tadyakan ang Diyos hanggang mamatay, nang walang pagsisisi, at sinusubukang yurakan sa lupa ang Diyos. Ang saloobin ng tao sa kanyang pakikitungo sa Diyos ay isa ng “bihirang katalinuhan,” at ang Diyos, na inaapi at hinahamak ng tao, ay durog na sa mga paa ng sampu-sampung libong tao habang ang tao mismo ay nakatayo nang tuwid, na para bang siya ang mamumuno, na para bang nais niyang kunin ang lubos na kapangyarihan,⁴ na humarap sa mga tao mula sa likod ng isang tabing, na gawin ang Diyos na matapat at masunurin sa panuntunan na direktor sa likod ng mga eksena, na hindi pinahihintulutang lumaban o magsanhi ng problema. Dapat gampanan ng Diyos ang bahagi ng Huling Emperador, dapat Siyang maging isang sunud-sunuran,⁵ wala ng lahat ng kalayaan. Hindi maikukuwento ang mga gawa ng tao, kaya paano siya naging karapat-dapat na humingi ng ganito o ganoon sa Diyos? Paano siya naging kwalipikadong magbigay ng mga mungkahi sa Diyos? Paano siya naging kwalipikado na humingi sa Diyos na dumamay sa kanyang mga kahinaan? Paano siya naging angkop na tumanggap ng awa ng Diyos? Paano siya naging angkop na tumanggap ng kadakilaan ng Diyos nang paulit-ulit? Paano siya naging angkop na tumanggap ng kapatawaran ng Diyos nang paulit-ulit? Nasaan ang kanyang budhi? Matagal na niyang dinurog ang puso ng Diyos, matagal na niyang iniwan ang puso ng Diyos na durug-durog. Dumating ang Diyos sa gitna ng tao na puno ng pag-asa at masaya, umaasa na ang tao ay magiging mabait sa Kanya, kahit na may kaunti lamang na pagkagiliw. Nguni’t ang puso ng Diyos ay hindi gaanong maaliw ng tao, ang tanging natanggap Niya ay palaki nang palaking⁶ mga pag-atake at pagpapahirap. Masyadong sakim ang puso ng tao, masyadong malaki ang kanyang pagnanasa, hindi siya kailanman masisiyahan, lagi siyang maloko at walang patumangga, hindi niya kailanman binibigyan ng anumang kalayaan o karapatang magsalita ang Diyos, at iniwan ang Diyos na walang pagpipilian liban sa tiisin ang kahihyan, at hayaan ang tao na manipulahin Siya kung paano man niya gusto.

Mula sa paglikha hanggang sa ngayon, nagtiis na ng matinding sakit ang Diyos, at nagdusa na ng napakaraming pag-atake. Nguni’t kahit na ngayon, hindi pa rin binabawasan ng tao ang mga hinihingi niya sa Diyos, mabuti pa rin niyang sinusuri ang Diyos, wala pa rin siyang pagpaparaya sa Kanya, at wala na siyang ginawa kundi bigyan Siya ng

³ Ang “pagkiling” ay tumutukoy sa suwail na pag-uugali ng mga tao.

⁴ Ang “kunin ang lubos na kapangyarihan” ay tumutukoy sa suwail na pag-uugali ng mga tao. Itinataas nila ang kanilang sarili, tinatanikalaan ang iba, pinasusunod sa kanila at pinagdurusa para sa kanila. Sila ang mga puwersang kumakalaban sa Diyos.

⁵ Ang “sunud-sunuran” ay ginagamit para tuyain yaong mga hindi nakakakilala sa Diyos.

⁶ Ang “palaki nang palaking” ay ginagamit para bigyang-diin ang hamak na pag-uugali ng mga tao.

payo, at punahin Siya, at disiplinahin Siya, na tila malalim na natatakot na tatahakin ng Diyos ang maling landas, na ang Diyos sa lupa ay malupit at hindi makatwiran, o nanggugulo, o na wala Siyang kahahantungang anuman. Laging may ganitong uri ng saloobin ang tao tungo sa Diyos. Paanong hindi ito makakapagpalungkot sa Diyos? Sa pagiging tao, dumanas ng matinding sakit at kahihiyan ang Diyos; gaano pa kalala, kung gayon, na ipatanggap sa Diyos ang mga aral ng tao? Ang Kanyang pagdating sa mga tao ay nag-alis sa Kanya ng lahat ng kalayaan, na parang nabilanggo Siya sa Hades, at tinanggap Niya ang pagsusuri ng tao na wala ni bahagya mang pagtutol. Hindi ba ito kahiya-hiya? Sa pagdating sa pamilya ng isang normal na tao, nagdusa si “Jesus” ng pinakamatinding kawalang-katarungan. Ang mas nakakahiya pa ay yaong dumating Siya sa maalikabok na mundong ito at ipinagpakumbaba ang Kanyang Sarili sa pinakamababang kalaliman, at nagbihis ng katawang-tao na sukdulan ang pagiging karaniwan. Sa pagiging isang tao lamang, hindi ba nagdurusa ng paghihirap ang Diyos na Kataas-taasan? At hindi ba ang lahat ng ito ay para sa sangkatauhan? Mayroon bang anumang mga sandali na nag-isip Siya para sa Sarili Niya? Pagkatapos Siyang tanggihan at patayin ng mga Hudyo, at pagtawanan at tuyain ng mga tao, hindi Siya kailanman nagreklamo sa Langit o nagprotesta sa lupa. Ngayon, itong libu-libong taong gulang na trahedyang ito ay muling lumitaw sa gitna ng mga mala-Hudyong taong ito. Hindi ba sila gumagawa ng parehong mga kasalanan? Ano ang nagsasanhi sa tao na maging kwalipikado na makatanggap ng mga pangako ng Diyos? Hindi ba niya nilalabanan ang Diyos at pagkatapos ay tinatanggap ang Kanyang mga pagpapala? Bakit hindi kailanman hinaharap ng tao ang katarungan, o hinahanap ang katotohanan? Bakit hindi siya kailanman interesado sa kung ano ang ginagawa ng Diyos? Nasaan ang kanyang katuwiran? Nasaan ang kanyang pagiging patas? Mayroon ba siyang lakas ng loob na kumatawan sa Diyos? Nasaan ang kanyang diwa ng katarungan? Gaano karami roon sa minamahal ng tao ang minamahal ng Diyos? Hindi kayang kilalanin ng tao ang kaibahan ng yeso sa keso,⁷ palagi siyang nalilito sa itim at puti,⁸ sinisiil niya ang katarungan at katotohanan, at itinataas nang napakataas ang kawalang-katarungan at di-pagkamatuwid. Itinataboy niya palayo ang liwanag, at naglululundag sa gitna ng kadiliman. Yaong mga naghahanap ng katotohanan at katarungan ay sa halip itinataboy palayo ang liwanag, yaong mga naghahanap sa Diyos ay tinatapakan Siya sa ilalim ng kanilang mga paa, at itinataas ang kanilang mga sarili tungo sa kalangitan. Hindi naiiba ang tao sa isang tulisan.⁹ Nasaan ang kanyang katwiran? Sino ang kayang magsabi ng

⁷ Ipinahihiwatig ng “hindi kayang kilalanin ng tao ang kaibahan ng yeso sa keso” kapag ginagawa ng mga tao ang kalooban ng Diyos na maging isang bagay na maka-satanas, pangkalahatang tumutukoy sa pag-uugali kung saan tinatanggihan ng mga tao ang Diyos.

⁸ Ang “nalilito sa itim at puti” ay tumutukoy sa pagkalito kung alin ang katotohanan at mga ilusyon, at alin ang katuwiran at kasamaan.

⁹ Ang “tulisan” ay ginagamit upang ipahiwatig na ang mga tao ay walang katwiran at walang kabatiran.

tama mula sa mali? Sino ang kayang manindigan para sa katarungan? Sino ang handang magdusa para sa katotohanan? Mapanira at lubod ng sama ang mga tao! Pumapalakpak sila at nagsasaya pagkatapos ipako ang Diyos sa krus, walang tigil ang kanilang malalakas na sigawan. Tulad sila ng mga manok at mga aso, nagsasabwatan sila at nagbubulag-bulagan, nagtatag na sila ng kanilang sariling kaharian, ang kanilang panghihimasok ay walang sinasantong lugar, ipinipikit nila ang kanilang mga mata at hibang na umaalulong nang paulit-ulit, magkakasamang lahat na nakakulong, at lumalaganap ang isang magulong kapaligiran, abala at buhay na buhay, at yaong bulag na ikinakabit ang kanilang mga sarili sa iba ay patuloy na naglalabasan, lahat ay itinataas ang “bantog” na mga pangalan ng kanilang mga ninuno. Matagal nang kinalimutan ng mga aso at mga manok na ito ang Diyos, at hindi kailanman nagbigay ng anumang pansin sa kalagayan ng puso ng Diyos. Hindi na nakapagtataka pa na sinasabi ng Diyos na ang tao ay tulad ng isang aso o isang manok, isang tumatahol na aso na nagsasanhi sa isandaang iba pa na magsiungol; sa ganitong paraan, dinala niya nang may malaking pagtawag ng pansin ang gawain ng Diyos sa kasalukuyan, hindi alintana kung ano ang katulad ng gawain ng Diyos, kung may katarungan man, kung ang Diyos man ay may lugar na matutuntungan, kung ano ang kahalintulad ng bukas, ang kanyang sariling kababaan, at ang kanyang sariling karumihan. Hindi kailanman napag-isipan ng tao nang ganoon katindi ang tungkol sa mga bagay-bagay, hindi siya kailanman nag-alala sa kanyang sarili para sa kinabukasan, at tinipon na niya ang lahat ng kapaki-pakinabang at mahalaga para maging kanyang pag-aari, walang iniwan sa Diyos maliban sa mga patapong piraso at mga tira-tira.¹⁰ Kaylupit ng sangkatauhan! Hindi niya alintanang saktan ang damdamin ng Diyos, at pagkatapos lamuning palihim ang lahat na mayroon ang Diyos, inihahagis niya ang Diyos palayo sa likuran niya, hindi na pinapansin ang Kanyang pag-iral. Nasisiyahan siya sa Diyos, datapuwa’t sinasalungat ang Diyos, at niyuyurakan Siya sa ilalim ng kanyang mga paa, habang ang kanyang bibig ay nagpapasalamat at nagpupuri sa Diyos; nagdarasal siya sa Diyos, at umaasa sa Diyos, habang nililintang din ang Diyos; “pinupuri” niya ang pangalan ng Diyos, at tumitingala sa mukha ng Diyos, datapuwa’t siya rin ay walang-pakundangan at walang-kahihiyan na nakaupo sa luklukan ng Diyos at hinahatulan ang “di-pagkamatuwid” ng Diyos; mula sa kanyang bibig lumalabas ang mga salita na siya ay may utang na loob sa Diyos, at kanyang tinitingnan ang mga salita ng Diyos, gayunpaman sa kanyang puso ay tinutuligsa niya ang Diyos; “mapagparaya” siya sa Diyos nguni’t sinisiil ang Diyos, at sinasabi ng kanyang bibig na ito ay para sa kapakanan ng Diyos; sa kanyang mga kamay hawak niya ang mga bagay ng Diyos, at sa kanyang bibig nginunguya niya ang pagkain na ibinigay ng Diyos sa kanya, nguni’t nananatiling malamig at walang emosyon ang kanyang mga matang nakatitig sa Diyos, na para bang nais niyang lunukin Siya nang

¹⁰ Ang “mga patapong piraso at mga tira-tira” ay ginagamit upang ipahiwatig ang pag-uugali kung saan sinisiil ng mga tao ang Diyos.

buo; tinitingnan niya ang katotohanan nguni't pilit na sinasabing ito ay panlilinlang ni Satanas; tinitingnan niya ang katarungan nguni't pilit itong ginagawang pagtatatwa sa sarili; tinitingnan niya ang mga gawa ng tao at ipinipilit na ang mga iyon ay kung ano ang Diyos; tinitingnan niya ang natural na mga kaloob ng tao at ipinipilit na ang mga iyon ay ang katotohanan; tinitingnan niya ang mga gawa ng Diyos at ipinipilit na ang mga iyon ay pagmamataas at kapalaluan, pag-iingay lang at pagmamagaling; kapag tumitingin ang tao sa Diyos, ipinipilit niya ang pagbabansag sa Kanya bilang tao, at sinusubukan niyang maigi na tratuhin Siya bilang isang nilalang na nakikipagsabwatan kay Satanas; alam na alam niya na ang mga iyon ay ang mga pagbigkas ng Diyos, gayunma'y tatawagin ang mga iyon na walang iba kundi mga sinulat ng isang tao; alam na alam niyang ang Espiritu ay isinasakatuparan sa katawang-tao, na nagkatawang-tao ang Diyos, nguni't sinasabi lamang na ang katawang-taong ito ay inapo ni Satanas; alam na alam niyang ang Diyos ay mapagpakumbaba at nakatago, ngunit sinasabi lamang na si Satanas ay napahiya na, at ang Diyos ay nanalo na. Mga walang silbi! Ang tao ay hindi man lamang karapat-dapat na maglingkod bilang mga asong-bantay! Hindi niya nakikilala ang kaibahan sa pagitan ng itim at puti, at sadya pang ginagawa ang itim na puti. Kaya ba ng mga puwersa ng tao at pagsalakay ng tao na hayaan ang araw ng pagpapalaya sa Diyos? Pagkatapos na sadyang salungatin ang Diyos, ang tao ay walang pakialam, o nagagawa pa nitong ipapatay Siya, hindi tinutulutan ang Diyos na ipakita ang Sarili Niya. Nasaan ang katuwiran? Nasaan ang pag-ibig? Umuupo siya sa tabi ng Diyos, at pinaluluhod ang Diyos upang humingi ng kapatawaran, upang sundin ang lahat ng kanyang mga pagsasaayos, upang pumayag sa lahat ng kanyang mga pagmamaniobra, at pinasusunod niya ang Diyos sa kanyang hudyat sa lahat ng ginagawa Niya, at kung hindi ay magagalit¹¹ siya at magwawala. Paanong hindi mapupuno ng kapighatian ang Diyos sa ilalim ng gayong impluwensya ng kadiliman, na ginagawa ang itim na maging puti? Paanong hindi Siya mag-aalala? Bakit sinasabi na noong sinimulan ng Diyos ang Kanyang pinakabagong gawain, katulad ito ng gawain ng paglikha ng kalangitan at ng lupa? Masyadong “mayaman” ang mga gawa ng tao, ang “patuloy na umaagos na bukal ng buhay na tubig” ay walang hinto sa “pagpupunong muli” sa linang ng puso ng tao, habang ang “bukal ng buhay na tubig” ng tao ay nakikipagpaligsahan sa Diyos nang walang pangingimi;¹² ang dalawa ay hindi mapagkakasundo, at nagtutustos ito sa mga tao sa halip na ang Diyos nang walang pakialam sa ibubunga, samantalang ang tao ay nakikipagtulungan dito nang walang anumang pagsasaalang-alang sa mga panganib na napapaloob. At para sa anong epekto? Walang-pangingimi niyang isinasantabi ang Diyos, at inilalayo Siya, kung saan hindi Siya papansinin ng tao, lubhang natatakot na kukunin Niya ang kanilang pansin,

¹¹ Ang “magagalit” ay tumutukoy sa pangit na mukha ng taong nagagalit at nayayamot.

¹² Ang “walang pangingimi” ay tumutukoy sa mga tao kapag sila ay pabaya, at wala ni katiting na paggalang sa Diyos.

at takot na takot na ang bukal ng buhay na tubig ng Diyos ay makakaakit sa tao, at makakamit ang tao. Kaya, pagkatapos makaranas ng maraming taon ng makamundong alalahanin, nakikipagsabwatan siya at iniintriga ang Diyos, at itinutuon pa sa Diyos ang kanyang pagkastigo. Para bang ang Diyos ay naging tulad ng isang troso sa kanyang mata, at desperado siyang sunggaban ang Diyos at ilagay Siya sa apoy upang mapino at mapalinis. Matapos makita ang hindi maginhawang kalagayan ng Diyos, hinahampas ng tao ang kanyang dibdib at tumatawa, sumasayaw siya sa galak, at sinasabing ang Diyos ay inilublob na rin sa pagpipino, at sinasabing susunugin niya nang malinis ang masagwang karumihan ng Diyos, na parang ito lamang ang makatwiran at nasa katinuan, na parang ang mga ito lamang ang makatarungan at makatwirang mga pamamaraan ng Langit. Ang marahas na pag-uugaling ito ng tao ay tila parehong sinadya at hindi namamalayan. Parehong ibinubunyag ng tao ang kanyang pangit na mukha at ang kanyang kakila-kilabot at maruming kaluluwa, pati na rin ang kaawa-awang hitsura ng isang pulubi; matapos magwala nang husto, nagmumukha siyang kaawa-awa at nagsusumamo para sa kapatawaran ng Langit, katulad ng isang sukdulang kahabag-habag na aso. Palaging kumikilos ang tao sa hindi inaasahang mga paraan, palagi siyang “sumasakay sa likod ng isang tigre upang takutin ang iba,”^a palagi siyang may papel na ginagampanan, hindi niya isinasaalang-alang ni bahagya man ang puso ng Diyos, hindi rin siya gumagawa ng anumang mga paghahambing sa kanyang sariling katayuan. Tahimik niya lamang na sinasalungat ang Diyos, na para bang ang Diyos ay nagkasala sa kanya, at hindi nararapat na tratuhin siya nang ganoon, at para bang walang mga mata ang Langit at sinasadyang gawing mahirap ang mga bagay-bagay para sa kanya. Kaya laging palihim na nagsasakatuparan ang tao ng mapanirang mga pakana, at hindi niya binabawasan kahit bahagya man ang kanyang mga hinihingi sa Diyos, nakatingin nang may mga mata ng mandaragit, galit na galit na nandidilat sa bawat galaw ng Diyos, hindi kailanman iniisip na siya ang kaaway ng Diyos, at umaasa na ang araw ay darating kung kailan hahawiin ng Diyos ang hamog, gagawing malinaw ang mga bagay-bagay, ililigtas siya mula sa “bibig ng tigre,” at lulunasan ang kanyang mga hinaing. Kahit ngayon, hindi pa rin iniisip ng mga tao na ginagampanan nila ang papel ng sumasalungat sa Diyos na ginampanan na ng napakarami sa paglipas ng mga kapanahunan; paano kaya nila malalaman na, sa lahat ng ginagawa nila, matagal na silang naligaw, na ang lahat ng kanilang naunawaan ay matagal nang nilamon ng mga dagat.

Sino ang kailanman ay tumanggap na ng katotohanan? Sino ang kailanman ay tumanggap na sa Diyos nang bukal sa kalooban? Sino ang kailanman ay masaya nang

^a Ito ay isinalin batay sa pinagkunang teksto na “hú jiǎ hǔ wēi,” na isang idyomang Tsino. Tumutukoy ito sa isang kuwento kung saan itinataboy ng isang soro ang iba pang mga hayop sa pamamagitan ng paglalakad na kasama ang isang tigre, sa gayon ay “hinihiram” niya ang takot na idinudulot at reputasyon ng tigre. Ito ay isang talinghaga, na ginagamit dito upang tumukoy sa mga taong “hinihiram” ang reputasyon ng iba para takutin o apihin ang ibang mga tao.

nag-asam sa pagpapakita ng Diyos? Matagal nang sumama ang pag-uugali ng tao, at dahil sa kanyang karumihan ay matagal nang naiwan ang templo ng Diyos na hindi makilala. Ang tao, samantala, ay patuloy pa ring nagsasakatuparan ng kanyang sariling gawain, laging minamaliit ang Diyos. Na para bang ang kanyang pagsalungat sa Diyos ay naitaga na sa bato, at hindi mababago, at bilang resulta, mas nanaisin niyang masumpa kaysa magdusa ng ano pa mang masamang pagtrato sa kanyang mga salita at mga pagkilos. Paanong makikilala ng mga taong tulad nito ang Diyos? Paano nila masusumpungan ang kapahingahan sa piling ng Diyos? At paano sila magiging angkop na lumapit sa harap ng Diyos? Walang duda, walang mali sa paglalaan ng sarili sa plano ng pamamahala ng Diyos—pero bakit laging inilalagay ng mga tao ang gawain ng Diyos at ang kabuuan ng Diyos sa likod ng kanilang isipan habang di-makasariling inilalaan ang kanilang sariling dugo at luha? Ang diwa ng di-makasariling paglalaan ng mga tao ay walang dudang mahalaga—pero paano nila malalaman na ang “seda” na hinahabi nila ay talagang hindi kayang katawanin kung ano ang Diyos? Ang mabubuting layunin ng mga tao ay walang dudang mahalaga at pambihira—pero paano nila malululon ang “kayamanang walang katumbas na halaga”?¹³ Bawat isa sa inyo ay dapat isipin ang inyong nakalipas: Bakit hindi kayo nawalay kailanman mula sa walang-pusong pagkastigo at mga sumpa? Bakit palaging may “malapit na kaugnayan” ang mga tao sa mariringal na salita at matuwid na paghatol? Sinusubok ba talaga sila ng Diyos? Sinasadya ba silang pinuhin ng Diyos? At paano pumapasok ang mga tao sa gitna ng pagpipino? Alam ba talaga nila ang gawain ng Diyos? Anong mga aral ang natutuhan ng mga tao mula sa gawain ng Diyos at kanilang sariling pagpasok? Nawa’y hindi malimutan ng mga tao ang payo ng Diyos, at nawa’y magkaroon sila ng kabatiran sa gawain ng Diyos, malinaw itong matukoy, at maayos na pamahalaan ang kanilang sariling pagpasok.

Gawain at Pagpasok 10

Ang ganito kalayong pag-unlad ng sangkatauhan ay isang sitwasyon na wala pang katulad. Magkasabay na sumusulong ang gawain ng Diyos at ang pagpasok ng tao, at sa gayon ang gawain ng Diyos, din, ay isang malaking okasyong walang katulad. Ang pagpasok ng tao, sa ngayon, ay isang kababalaghang hindi pa naisip kailanman ng tao. Narating na ng gawain ng Diyos ang kasukdulan nito—at, bilang kasunod, narating na rin ng “pagpasok” ng tao¹ ang ruok nito. Naibaba na ng Diyos ang Kanyang Sarili hanggang

¹³ Ang “kayamanang walang katumbas na halaga” ay tumutukoy sa kabuuan ng Diyos.

¹ Ang “pagpasok” ng tao” rito ay ipinahihiwatig ang suwail na pag-uugali ng tao. Sa halip na tumukoy sa pagpasok ng mga tao sa buhay—na positibo—tumutukoy ito sa kanilang negatibong pag-uugali at mga pagkilos. Malawak nitong tinutukoy ang lahat ng gawa ng tao na salungat sa Diyos.

sa posibleng makakaya Niya, at kailanma’y hindi Siya nagprotesta sa sangkatauhan o sa sansinukob at sa lahat ng bagay. Ang tao, samantala, ay tumatayo sa ulo ng Diyos, umabot na sa rurok nito ang pagsiil ng tao sa Diyos; nakarating na sa pinakasukdulan ang lahat, at panahon na para magpakita ang araw ng pagkamakatuwiran. Bakit patuloy na hinahayaang matakpan ng karimlan ang lupain, at balutin ng kadiliman ang lahat ng bayan? Nagmasid na ang Diyos sa loob ng ilang libong taon—sa loob ng sampu-sampung libong taon pa nga—at matagal nang nasagad ang Kanyang pagpaparaya. Pinagmamasdan Niya ang bawat kilos ng sangkatauhan, minamatyagan Niya kung hanggang kailan lalaganap ang di-pagkamakatuwiran ng tao, gayunma’y ang tao, na matagal nang naging manhid, ay walang nararamdaman. At sino kailanman ang nagmatyag sa mga gawa ng Diyos? Sino kailanman ang tumingala at tumingin sa malayo? Sino kailanman ang nakinig nang mabuti? Sino kailanman ang napasa-kamay na ng Makapangyarihan sa lahat? Lahat ng tao ay pinahihirapan ng mga guni-guning takot.² Anong silbi mayroon ang bunton ng tuyong damo at dayami? Ang nagagawa lamang ng mga ito ay pahirapan ang Diyos na nagkatawang-tao hanggang kamatayan. Bagaman ang mga iyon ay mga bunton ng tuyong damo at dayami lamang, may isang bagay pa ring nagagawa ang mga ito na “pinakamagaling sa lahat”:³ ang pahirapan ang Diyos hanggang sa mamatay at pagkatapos ay sumigaw ng “napapasaya nito ang puso ng mga tao.” Mga walang silbing tauhan! Kapansin-pansin, sa gitna ng walang-tigil na daloy ng mga tao, itinutuon nila ang kanilang pansin sa Diyos, pinalilibutan Siya ng di-mapapasok na barikada. Lalong nag-iinit ang nag-aapoy nilang kataimtiman,⁴ napalibutan na nila nang pulu-pulutong ang Diyos, upang hindi Siya makagalaw kahit isang pulgada. Sa kanilang mga kamay, hawak nila ang lahat ng uri ng sandata, at tumitingin sila sa Diyos na parang tumitingin sa isang kaaway, puno ng galit ang kanilang mga mata; nangangati sila na “paggutay-gutayin ang Diyos.” Sobrang nakapagtataka! Bakit naging lubhang di-mapagkakasundong magkaaway ang tao at ang Diyos? Maaari kayang mayroong hinanakit sa pagitan ng pinakakaibig-ibig na Diyos at ng tao? Maaari kayang ang mga pagkilos ng Diyos ay walang pakinabang sa tao? Napipinsala ba ng mga ito ang tao? Pirming pinandidilatan ng tao nang di-natitinag ang Diyos, takot na takot na makakalusot Siya sa barikada ng tao, babalik sa ikatlong langit, at muling itatapon ang tao sa bartolina. Nag-iingat ang tao sa Diyos, siya’y balisa, at nag-aalumpihit sa lupa na may kalayuan, hawak ang isang “masinggan” na nakatutok sa Diyos sa gitna ng tao. Na para bang, sa pinakabahagyang pagkilos ng Diyos, papawiin ng tao ang lahat-lahat sa Kanya—ang buong katawan Niya at lahat na

² Ang “pinahihirapan ng mga guni-guning takot” ay ginagamit upang tuyain ang lihis na buhay ng pagiging tao. Tumutukoy ito sa pangit na kalagayan ng buhay ng sangkatauhan, kung saan namumuhay ang mga tao kasama ang mga demonyo.

³ Ang “pinakamagaling sa lahat” ay sinasabi nang patuya.

⁴ Ang “lalong nag-iinit ang nag-aapoy nilang kataimtiman” ay patuyang sinasabi, at tumutukoy ito sa pangit na kalagayan ng tao.

Kanyang isinusuot—na walang matitira kahit ano. Hindi na maaayos pa ang relasyon sa pagitan ng Diyos at ng tao. Hindi maintindihan ng tao ang Diyos; ang tao, samantala, ay sinasadyang magbulag-bulagan at maglaro lamang, lubusang ayaw makita ang Aking pag-iral, at hindi pinapatawad ang Aking paghatol. Sa gayon, kung kailan hindi ito inaasahan ng tao, tahimik Akong lumulutang palayo, at hindi Ko na ihahambing pa kung sino ang mataas at mababa sa tao. Pinakamababang “hayop” sa lahat ang sangkatauhan at hindi Ko na nais pang pansinin siya. Matagal Ko nang naibalik ang kabuuan ng Aking biyaya sa pook kung saan naninirahan Ako nang may kapayapaan; dahil napakasuwail ng tao, anong dahilan ang mayroon siya para tamasahin pa ang Aking mahalagang biyaya? Hindi Ko nais na ipagkaloob nang walang saysay ang Aking biyaya sa mga puwersang laban sa Akin. Igagawad Ko ang Aking mahahalagang bunga sa mga magsasaka ng Canaan na masisigasig, at marubdob na tinatanggap ang Aking pagbabalik. Ninanais Ko lamang na ang kalangitan ay magtagal nang walang-hanggan, at, higit pa ryan, na hindi kailanman tumanda ang tao, na mapasakapahingahan magpakailanman ang kalangitan at ang tao, at yaong mga “pino at sipres” na mga halamang laging sariwa ay samahan ang Diyos magpakailanman, at samahan magpakailanman ang kalangitan sa pagpasok sa pinakamainam na panahon nang magkasama.

Gumugol na Ako ng maraming araw at gabi kasama ang tao, tumira na Ako sa mundo kasama ang tao, at hindi Ako kailanman humingi ng anumang higit pa sa tao; lagi Ko lamang ginagabayan ang tao pasulong, wala Akong ginagawa kundi gabayan ang tao, at, para sa kapakanan ng tadhana ng sangkatauhan, walang tigil Kong isinasakatuparan ang gawain ng pagsasaayos. Sino ang kailanman ay nakaunawa sa kalooban ng Ama sa langit? Sino ang nakatawid na sa pagitan ng langit at lupa? Hindi Ko na nais pang igugol ang “katandaan” ng tao kasama siya, dahil masyadong makaluma ang tao, wala siyang nauunawaan; ang tanging nalalaman niya ay busugin ang kanyang sarili sa kapistahang Aking inihanda, walang pakialam sa lahat ng iba, hindi kailanman iniisip ang anumang iba pang bagay. Masyadong maramot ang sangkatauhan, ang ingay, lungkot, at panganib sa gitna ng tao ay masyadong matindi, at kaya hindi Ko nais na ibahagi ang mahalagang mga bunga ng pagtatagumpay na nakamit sa mga huling araw. Hayaan ang tao na tamasahin ang masaganang mga pagpapala na siya mismo ang may likha, dahil hindi Ako tinatanggap ng tao—bakit Ko pipilitin ang sangkatauhan na ngumiti nang pakunwari? Nawalan ng init ang bawat sulok ng mundo, walang bakas ng tagsibol sa buong kalupaan ng mundo, sapagka’t, tulad ng isang naninirahan sa tubig na nilalang, wala ni bahagyang init ang tao, para siyang isang bangkay, at kahit na ang dugong dumadaloy sa kanyang mga ugat ay mistulang matigas na yelo na nagpapanginig sa puso. Nasaan ang init? Ipinako ng tao ang Diyos sa krus nang walang dahilan, at pagkatapos nito’y hindi siya nakadama ni bahagyang pagsisisi. Kailanman wala pang sinuman ang nakadama ng panghihinayang, at ang malulupit na maniniil na ito ay nagbabalak pa rin na minsan pang “hulihing

buhay”⁵ ang Anak ng tao at dalhin Siya sa harap ng isang grupo ng berdugo, upang tapusin ang poot sa kaibuturan ng kanilang mga puso. Anong pakinabang ang mayroon sa pananatili Ko sa mapanganib na lupaing ito? Kung mananatili Ako, ang tanging bagay na idudulot Ko sa tao ay paglalaban at karahasan, at walang katapusan ang problema, dahil hindi Ako kailanman nagdala ng kapayapaan sa tao, digmaan lamang. Dapat mapuno ng digmaan ang mga huling araw ng sangkatauhan, at ang hantungan ng tao ay dapat mabuwag sa gitna ng karahasan at paglalaban. Ayaw Ko na “makibahagi” sa “kaluguran” ng digmaan, hindi Ko sasamahan ang pagdanak ng dugo at sakripisyo ng tao, dahil ang pagtangga ng tao ay nagtulak sa Akin sa “kawalang pag-asa,” at wala Akong pagnanais na makita ang mga digmaan ng tao—hayaang lumaban ang tao hangga’t gusto niya, gusto Kong magpahinga, gusto Kong matulog; hayaan ang mga demonyo na makasama ng sangkatauhan sa kanyang mga huling araw! Sino ang nakakaalam ng Aking kalooban? Dahil hindi Ako tinatanggap ng tao, at hindi niya Ako kailanman hinintay, ang kaya Ko lamang ay magpaalam sa kanya, at ipinagkakaloob Ko ang hantungan ng sangkatauhan sa kanya, iniwan Ko ang lahat ng Aking kayamanan sa tao, inihahasik Ko ang Aking buhay sa kalagitnaan ng tao, itinanim ang binhi ng Aking buhay sa bukid ng puso ng tao, iniwanan siya ng walang-hanggang mga alaala, iniwan ang Aking buong pag-ibig sa sangkatauhan, at ibinibigay sa tao ang lahat ng minamahal ng tao sa Akin, bilang regalo ng pag-ibig na matagal na nating pinananabikan sa isa’t isa. Gusto Ko na mahalin natin ang isa’t isa magpakailanman, na ang ating kahapon ang magandang bagay na ibinibigay natin sa isa’t isa, dahil ibinigay Ko na ang Aking kabuuan sa sangkatauhan—anong mga hinaing ang pwedeng magkaroon ang tao? Naiwan Ko na ang kabuuan ng Aking buhay sa tao, at nang wala ni isang salita, nagpagal na Ako nang husto upang bungkalin ang magandang lupain ng pag-ibig para sa sangkatauhan; hindi Ako kailanman humingi ng anumang katumbas sa tao, at wala Akong ginawa kundi magpasakop lang sa mga pagsasaayos ng tao at lumikha ng isang mas magandang bukas para sa sangkatauhan.

Bagaman mayaman at masagana ang gawain ng Diyos, labis na nagkukulang ang pagpasok ng tao. Sa pinagsamang “proyekto” sa pagitan ng tao at Diyos, halos lahat ng ito ay gawain ng Diyos; tungkol sa kung gaano na nakapasok ang tao, halos wala siyang maipapakita para dito. Ang tao, na sobrang hikahos at bulag, ay sinusukat pa nga ang kanyang lakas laban sa Diyos ng ngayon nang may “mga sinaunang sandata” sa kanyang mga kamay. Itong “mga sinaunang bakulaw” na ito ay hindi halos makalakad nang nakatayo, at walang makitang kahiya-hiya sa kanilang “hubad” na mga katawan. Ano ang karapatan nila para timbang-timbangin ang gawain ng Diyos?

⁵ Ang “hulihing buhay” ay tumutukoy sa marahas at karumal-dumal na pag-uugali ng tao. Brutal ang tao at hindi mapagpatawad tungo sa Diyos kahit katiting, at humihingi sa Kanya ng mga kakatwang kahilingan.

Napupuno ng matinding galit ang mga mata ng marami sa mga bakulaw na ito na may apat na biyas, at inilalaban nila ang kanilang sarili sa Diyos nang may mga sinaunang sandatang bato sa kanilang mga kamay, sinusubukang pasimulan ang isang paligsahan ng mga taong bakulaw na ang katulad ay hindi pa kailanman nasaksihan ng mundo, na magdaos ng isang paligsahan sa mga huling araw sa pagitan ng mga taong bakulaw at ng Diyos na magiging tanyag sa buong lupain. Bukod diyan, marami sa mga medyo-tuwid na sinaunang taong bakulaw na ito ay nag-uumapaw sa pagiging kampante. Buhol-buhol na ang balahibong tumatakip sa kanilang mga mukha, puno sila ng hangaring pumaslang at itaas ang kanilang unahang mga binti. Hindi pa sila lubusang nagiging makabagong tao, kaya minsan tumatayo sila nang matuwid, at minsan gumagapang sila, puno ng mga butil ng pawis ang kanilang noo tulad ng dikit-dikit na mga patak ng hamog—halatang-halata ang kanilang kasigasigan. Habang minamasdan ang malinis na sinaunang taong bakulaw, ang kanilang kasama, na nakatayo sa apat na paa, maumbok at mabagal ang apat na biyas nito, halos hindi kayang salagin ang mga ulos at walang lakas na gumanti, halos hindi nila mapigilan ang kanilang mga sarili. Sa isang kisap-mata—bago pa makita kung ano ang nangyari—ang “bayani” sa ring ay gumulung-gulong sa lupa, nakataas sa ere ang mga biyas. Ang mga biyas na iyon, na mali ang pagkatuntong sa lupa sa loob ng buong panahong iyon, ay bigla nang bumaligtad, at ang taong bakulaw ay nawalan na ng ganang lumaban. Mula sa sandaling ito, ang pinakasinaunang taong bakulaw ay binura mula sa ibabaw ng lupa—ito’y tunay na “malubha.” Dumating ang sinaunang taong bakulaw na ito sa gayong biglaang katapusan. Bakit ito kinailangang maglaho mula sa kamangha-manghang mundo ng tao nang ganoon kabilis? Bakit hindi nito tinalakay sa mga kasama nito ang susunod na hakbang ng estratehiya? Nakakalungkot na namaalam ito sa mundo nang hindi iniwan ang lihim ng pakikipagsukatan ng lakas laban sa Diyos! Napaka-walang isip ng gayong sinaunang taong bakulaw para mamatay nang walang kalaban-laban, nawala nang hindi ipinapasa ang “sinaunang kultura at sining” sa mga inapo nito. Wala nang panahon para tawagin nito sa tabi nito ang pinakamalalapit sa kanya upang sabihin sa mga ito ang pag-ibig niya, wala itong iniwang mensahe sa tapyas ng bato, hindi nito nawari ang araw ng langit, at walang sinabi tungkol sa di-mailarawang paghihirap nito. Habang nalalagutan ng hininga, hindi nito tinawag ang mga inapo niya sa tabi ng namamatay niyang katawan para sabihin sa mga ito na “huwag umakyat sa ring para hamunin ang Diyos” bago nito ipinikit ang mga mata niya, ang apat na matitigas na biyas ay magpakailanmang nakataas na parang mga sanga ng punongkahoy na nakaturong pahimpapawid. Waring namatay ito ng isang mapait na kamatayan.... Walang anu-ano, may bumulagang malulutong na halakhak mula sa ilalim ng ring; isa sa mga medyo-tuwid na taong bakulaw ang hindi mapakali; habang hawak-hawak ang isang “batong pamalo” para sa pangangaso ng maillap na hayop na mas moderno kaysa sa ginamit ng sinaunang taong bakulaw, tumalon ito papasok sa ring, puno ng matinding galit, isang pinaghandaan nang maigi

na plano ang nasa isip nito.⁶ Para bang nakagawa na ito ng isang bagay na kapuri-puri. Gamit ang “lakas” ng batong pamalo nito, nakayanan nitong tumayo nang matuwid sa loob ng “tatlong minuto.” Gaano kalakas ang “kapangyarihan” nitong ikatlong “binti”! Sinuportahan nito ang malaki, malamya at hangal na medyo-tuwid na taong bakulaw para makatayo sa loob ng tatlong minuto—hindi na kataka-taka na ang kagalang-galang⁷ na matandang taong bakulaw na ito ay sobrang dominante. Gaya ng inaasahan, ang sinaunang kasangkapang bato “ay umaayon sa reputasyon nito”: Mayroong hawakan ng patalim, talim, at dulo, ang kapintasan lamang ay ang kawalan ng kinang sa talim—nakapanghihinayang iyon. Masdan muli ang “munting bayani” ng sinaunang panahon, nakatayo sa ring habang tinitingnan ang mga nasa ibaba nang may mapanghamak na titig, na para bang inutil na mabababa sila, at siya ang magiting na bayani. Sa puso nito, lihim itong nasusuklam sa mga nasa harap ng entablado. “Nasa kaguluhan ang bayan at may pananagutan ang bawat isa sa atin, bakit kayo umiiwas? Maaari kayang nakikita ninyong nahaharap sa kapahamakan ang bayan, pero hindi kayo makikisali sa madugong labanan? Nasa bingit ng kapahamakan ang bayan—bakit hindi kayo ang unang magpakita ng malasakit, at ang huling masiyahan sa inyong mga sarili? Paano ninyo natatagalang panoorin na bumabagsak ang bayan at nahuhulog sa pagkabulok ang mga tao nito? Nakahanda ba kayong tiisin ang kahihyan ng pambansang pagkasakop? Mga walang silbi!” Habang iniisip niya ito, nagsisimula ang mga gulo sa harap ng entablado at lalo pang nagpupuyos sa galit ang mga mata nito, na parang nahahandang bumuga⁸ ng apoy. Nangangati itong mabigo ang Diyos bago ang laban, desperadong patayin ang Diyos upang mapasaya ang mga tao. Wala itong alam na, bagaman maaaring may marapat na katanyagan ang kasangkapang bato nito, hindi nito kailanman malalabanan ang Diyos. Bago pa nito maipagtanggol ang sarili, bago pa ito makahiga at makatayo, gumiwang-giwang ito, nawalan na ng paningin ang parehong mata. Gumulong ito pababa sa sinaunang ninuno nito at hindi na muling bumangon; habang mahigpit na niyayapos ang sinaunang taong bakulaw, hindi na ito sumisigaw pa, at kinikilala ang kababaaan nito, wala nang anumang pagnanasang lumaban. Yaong dalawang kawawang taong bakulaw ay namatay sa harap ng ring. Nakapanghihinayang na ang mga ninuno ng sangkatauhan, na nanatiling buhay hanggang sa kasalukuyang panahon, ay namatay sa kamangmangan sa araw kung kailan nagpakita ang Araw ng katuwiran! Anong laking kahangalan na pinabayaan nilang malampasan sila ng gayon kalaking pagpapala—na, sa araw ng kanilang pagpapala, ang mga taong bakulaw na naghintay na ng libu-libong taon ay

⁶ Ang “isang pinaghandaan nang maigi na plano ang nasa isip nito” ay patuyang sinasabi, at tinutukoy nito ang hindi pagkakilala ng mga tao sa kanilang mga sarili at kamangmangan sa tunay nilang tayog. Ito ay isang mapanirang-puring pahayag.

⁷ Ang “kagalang-galang” ay patuyang sinasabi.

⁸ Ang “bumuga” ay nagpapahiwatig ng pangit na kalagayan ng mga tao na nagpupuyos sa galit kapag tinatalo sila ng Diyos. Ipinahihiwatig nito ang lawak ng kanilang pagsalungat sa Diyos.

nadala na ang mga pagpapala sa Hades para “matamasa” kasama ang hari ng mga diyablo! Bakit hindi panatilihin ang mga pagpapalang ito sa mundo ng mga buhay upang matamasa kapiling ng kanilang mga anak? Naghahanap lang sila ng gulo! Anong pag-aaksaya ito na, para sa kapakanan ng kaunting katayuan, reputasyon, at kayabangan, nagdurusa sila ng kasawian ng pagkakapaslang, nagkukumahog para siyang maunang magbukas ng mga tarangkahan ng impiyerno at maging mga anak nito. Napakawalang katuturan ang gayong halaga. Napakalungkot na ang gayong sinaunang mga ninuno, na “punung-puno ng pambansang diwa,” ay maaaring sobrang “mahigpit sa kanilang sarili pero sobrang mapagparaya sa iba,” ikinukulong ang kanilang sarili sa impiyerno, at sinasarhan yaong mga inutil na mabababa sa labas. Saan matatagpuan ang ganitong “mga kinatawan ng mga tao”? Para sa “kapakanan ng kanilang mga supling” at ng “mapayapang buhay ng darating na mga henerasyon,” hindi nila pinapayagan ang Diyos na makialam, at sa gayon hindi pinag-uukulan ng anumang pansin ang kanilang sariling mga buhay. Nang walang pagpipigil, itinatalaga nila ang kanilang sarili sa “pambansang layunin,” pumapasok sa Hades nang walang imik. Saan matatagpuan ang gayong nasyonalismo? Habang nakikipagdigma sa Diyos, hindi nila kinatatakutan ang kamatayan, ni ang pagdanak ng dugo, lalong hindi sila nag-aalala sa kinabukasan. Basta lamang sila sumusugod sa labanan. Nakakalungkot na ang tanging nakukuha nila para sa kanilang “diwa ng katapatan” ay walang-hanggang panghihinayang, at pagkatupok sa laging naglalagablab na mga apoy ng impiyerno!

Nakakaintriga! Bakit palagi nang tinanggihan at nilait ng mga tao ang pagkakatawang-tao ng Diyos? Bakit hindi kailanman nagkaroon ng anumang pagkaunawa ang mga tao sa pagkakatawang-tao ng Diyos? Maaari kayang dumating ang Diyos sa maling panahon? Maaari kayang dumating ang Diyos sa maling lugar? Maaari kayang nangyayari ito dahil kumilos ang Diyos na nag-iisa, nang wala ang “pagsang-ayon” ng tao? Maaari kayang dahil nagpasya ang Diyos nang wala ang pahintulot ng tao? Ang mga katunayan ay nagsasaad na nagbigay ang Diyos ng paunang abiso. Walang ginawang mali ang Diyos sa pagiging tao—kailangan ba Niyang humingi ng pahintulot ng tao? Bukod diyan, pinaalalahanan ng Diyos ang tao matagal na ang nakalipas, marahil ay nakalimutan na ng mga tao. Hindi sila masisisi, dahil ang tao ay matagal nang nagawang tiwali ni Satanas kaya wala siyang maunawaan sa kung ano ang nangyayari sa ilalim ng kalangitan, lalo na sa mga nangyayari sa espirituwal na mundo! Sayang na ang mga ninuno ng tao, ang mga taong bakulaw, ay namatay sa ring, pero hindi ito nakapagtataka: Ang langit at ang lupa kailanma’y hindi naging magkaayon, at paanong ang mga taong bakulaw, na ang mga isipan ay yari sa bato, ay mag-aakala na maaaring maging tao na muli ang Diyos? Nakakalungkot na ang isang “matandang tao” na tulad nito na nasa “ika-animnapung taon nito” ay namatay sa araw ng pagpapakita ng Diyos. Hindi ba kamangha-mangha na nilisan nito ang mundo nang hindi pinagpala sa pagdating ng gayon kalaking pagpapala? Nagulantang na ng pagkakatawang-tao ng Diyos ang lahat ng relihiyon at mga sektor, “nagulo” na nito ang orihinal na kaayusan ng

mga pangkat ng relihiyon, at niyanig na nito ang mga puso ng lahat niyaong nananabik para sa pagpapakita ng Diyos. Sino ang hindi sumasamba? Sino ang hindi nananabik na makita ang Diyos? Maraming taon nang personal na nakasama ng Diyos ang tao, nguni't hindi ito kailanman napagtanto ng tao. Ngayon, nagpakita na ang Diyos Mismo, at ipinakita ang Kanyang pagkakakilanlan sa masa—paanong hindi ito magdadala ng kaluguran sa puso ng tao? Minsa'y nakibahagi ang Diyos sa mga kagalakan at kalungkutan ng tao, at ngayon muli na Niyang nakasama ang sangkatauhan, at nagbabahagi sa kanya ng mga kuwento ng mga panahong lumipas. Pagkatapos Niyang umalis sa Judea, wala nang makitang bakas Niya ang mga tao. Naghahangad sila na minsan pang makita ang Diyos, nang hindi nalalaman na muli na nila Siyang nakatagpo ngayon, at muli na Siyang nakasama. Paanong hindi nito mapupukaw ang mga saloobin ng kahapon? Dalawang libong taon na ang nakakaraan ngayon, nakita ni Simon Bar-Jonas, ang inapo ng mga Hudyo, si Jesus na Tagapagligtas, nakisalo siya sa parehong mesa sa Kanya, at pagkatapos ng pagsunod sa Kanya sa loob ng maraming taon ay nakadama ng mas malalim na pagmamahal para sa Kanya: Minahal niya Siya mula sa kaibuturan ng kanyang puso; matindi niyang inibig ang Panginoong Jesus. Walang alam ang mga taong Hudyo kung paanong ang may ginintuang buhok na sanggol na ito, na ipinanganak sa isang maginaw na sabsaban, ang unang larawan ng pagkakatawang-tao ng Diyos. Inisip nilang lahat na Siya ay katulad lamang nila, walang sinumang nag-isip na Siya ay iba—paano makikilala ng mga tao ang karaniwan at ordinaryong Jesus na ito? Inisip ng mga taong Hudyo na Siya ay isang Hudyong anak ng mga kapanahunan. Walang sinuman ang tumingin sa Kanya bilang isang kaibig-ibig na Diyos, at walang ginawa ang mga tao kundi humingi nang humingi sa Kanya, humihiling na bigyan Niya sila ng mayaman at saganang mga biyaya, at kapayapaan, at kagalakan. Ang alam lamang nila ay, tulad ng isang milyonaryo, mayroon Siya ng lahat ng bagay na kailanman ay maaaring naisin ng isa. Nguni't hindi Siya kailanman itinuring ng mga tao bilang isa na minamahal; hindi Siya minahal ng mga tao ng panahong iyon, at tumutol lamang sa Kanya, at gumawa ng mga di-makatwirang paghingi sa Kanya. Hindi Siya kailanman lumaban, kundi ay patuloy na nagbigay ng mga biyaya sa tao, kahit na hindi Siya kilala ng tao. Wala Siyang ginawa kundi tahimik na magpadama sa tao ng init, pag-ibig, at awa, at higit pa, binigyan Niya ang tao ng bagong paraan ng pagsasagawa, inaakay ang tao palabas sa mga gapos ng batas. Hindi Siya minahal ng tao, nainggit lamang ito sa Kanya at kinilala ang Kanyang pambihirang mga talento. Paano malalaman ng bulag na sangkatauhan kung gaano katinding kahihiyan ang pinagdusahan ng kaibig-ibig na si Jesus na Tagapagligtas nang dumating Siya sa gitna ng sangkatauhan? Walang sinuman ang nagsaalang-alang ng Kanyang pagkabalisa, walang nakaalam ng pagmamahal Niya sa Diyos Ama, at walang sinuman ang maaaring makaalam ng Kanyang kalungkutan; kahit na si Maria ang Kanyang nagluwal na ina, paano niya malalaman ang mga saloobin sa puso ng mahabaging Panginoong Jesus? Sino ang nakaalam tungkol sa di-mabigkas na paghihirap na tiniis ng Anak ng tao? Pagkatapos na humingi nang humingi sa Kanya,

kinalimutan na Siya ng mga tao ng panahong iyon, at pinalayas Siya. Kaya nagpagalagala Siya sa mga kalye, araw-araw, taun-taon, nagpalaboy-laboy sa loob ng maraming taon hanggang Siya ay nabuhay na sa loob ng tatlumpu't tatlong taon ng paghihirap, mga taon na naging kapwa mahaba at maikli. Kapag kailangan Siya ng mga tao, Siya ay iniimbitahan nila sa kanilang mga tahanan nang nakangiti, sinusubukang manghingi sa Kanya—at pagkatapos Niyang nakapagbigay na sa kanila, kaagad nila Siyang itinutulak palabas ng pinto. Kinain ng tao kung ano ang ipinagkaloob mula sa Kanyang bibig, ininom nila ang Kanyang dugo, nagpakasaya sila sa mga biyaya na ipinagkaloob Niya sa kanila, gayunma'y sinalungat pa rin nila Siya, dahil hindi nila kailanman nalaman kung sino ang nagbigay sa kanila ng kanilang mga buhay. Sa huli, ipinako nila Siya sa krus, gayunma'y wala pa rin Siyang imik. Kahit ngayon, nananatili Siyang tahimik. Kinakain ng mga tao ang Kanyang laman, iniinom ang Kanyang dugo, kinakain nila ang pagkain na inihahanda Niya para sa kanila, at nilalakaran nila ang daang binuksan Niya para sa kanila, subalit balak pa rin nilang tanggihan Siya; sa katunayan itinuturing nila ang Diyos na nagbigay sa kanila ng kanilang mga buhay bilang kaaway, at sa halip itinuturing yaong mga aliping tulad lamang nila bilang ang Ama sa langit. Sa ganito, hindi ba nila sinasadyang salungatin Siya? Paano dumating si Jesus para mamatay sa krus? Alam ba ninyo? Hindi ba Siya ipinagkanulo ni Judas, na siyang pinakamalapit sa Kanya at kumain sa Kanya, uminom sa Kanya, at kinawilihan Siya? Hindi ba ipinagkanulo ni Judas si Jesus dahil isa lamang Siyang hamak at normal na guro? Kung talagang nakita ng mga tao na si Jesus ay hindi pangkaraniwan, at Isa na mula sa langit, paano nila Siya naipako nang buhay sa krus sa loob ng dalawampu't apat na oras, hanggang sa wala na Siyang hiningang naiwan sa Kanyang katawan? Sino ang makakakilala sa Diyos? Walang anumang ginagawa ang mga tao kundi magpakasaya sa Diyos taglay ang walang-kabusugang kasakiman, nguni't hindi nila kailanman Siya nakilala. Naging labis silang abusado at ginagawa nilang ganap na masunurin si “Jesus” sa kanilang mga atas, sa kanilang mga utos. Sino ang kailanman ay nagpakita ng anumang may kaugnayan sa landas ng awa tungo sa Anak ng tao na ito, na wala man lamang mahigaan ng Kanyang ulo? Sino ang kailanman ay naisip na makipagsanib-pwersa sa Kanya upang tuparin ang tagubilin ng Diyos Ama? Sino ang kailanman ay nag-isip sa Kanya? Sino ang kailanman ay naging maalalahanin sa Kanyang mga paghihirap? Nang wala kahit bahagyang pag-ibig, hinihila Siya ng tao paroo't parito; hindi alam ng tao kung saan nanggaling ang kanyang liwanag at buhay, at walang anumang ginagawa kundi planuhin nang palihim kung paano minsan pang ipapako si “Jesus” ng dalawang libong taong nakalipas, na nakaranas na ng sakit sa gitna ng tao. Talaga bang pumupukaw si “Jesus” ng gayong poot? Lahat ba ng ginawa Niya ay matagal nang nakalimutan? Ang poot na nabuo sa loob ng libu-libong taon ay sasabog na sa wakas. Kayong kauri ng mga Hudyo! Kailan ba naging masama sa inyo si “Jesus,” na dapat ninyo Siyang kapootan nang sobra? Napakarami na ng Kanyang nagawa, at napakarami na Siyang nasalita—wala ba sa mga ito ang may benepisyo sa inyo? Naibigay na Niya ang Kanyang buhay sa

inyo nang hindi humihingi ng anumang kapalit, naibigay na Niya ang Kanyang kabuuan sa inyo—talaga bang nais pa rin ninyong kainin Siya nang buhay? Naibigay na Niya ang Kanyang lahat sa inyo nang walang itinitirang anuman, nang hindi kailanman tinatamasa ang makamundong kaluwalhatian, ang pagkagiliw sa gitna ng tao, ang pag-ibig sa gitna ng tao, o ang lahat ng pagpapala sa gitna ng tao. Masyadong malupit ang mga tao sa Kanya, hindi Siya kailanman nagtamasa ng lahat ng kayamanan sa lupa, iniuukol Niya ang kabuuan ng Kanyang taos at magiliw na puso sa tao, naiukol na Niya ang Kanyang kabuuan sa sangkatauhan—at sino ang kailanman ay nagpadama na sa Kanya ng pagkagiliw? Sino ang kailanman ay nakapagdulot na sa Kanya ng kaaliwan? Naidagan na ng tao ang lahat ng pabigat sa Kanya, naipasa na niya ang lahat ng kasawian sa Kanya, naipilit na niya ang pinakasawing mga karanasan ng tao sa Kanya, isinisisi niya sa Kanya ang lahat ng kawalang-katarungan, at walang-imik na Niya itong tinanggap. Nagreklamo na ba Siya kailanman sa sinuman? Naningil na ba Siya kahit kailan ng kahit maliit na kabayaran mula sa sinuman? Sino ang kahit kailan ay nagpadama na sa Kanya ng anumang pagdamay? Bilang normal na mga tao, sino sa inyo ang hindi nagkaroon ng isang romantikong pagkabata? Sino ang hindi nagkaroon ng isang makulay na kabataan? Sino ang hindi kinagigiliwan ng mga mahal sa buhay? Sino ang hindi minamahal ng mga kamag-anak at mga kaibigan? Sino ang hindi iginagalang ng iba? Sino ang hindi kinagigiliwan ng pamilya? Sino ang hindi palagay ang loob sa kanilang mga pinagkakatiwalaan? At kahit kailan ba ay natamasa na Niya ang alinman sa mga ito? Sino ang kahit kailan ay naging magiliw na sa Kanya? Sino ang kahit kailan ay nagpadama na sa Kanya ng kahit kaunting kaaliwan? Sino ang kahit kailan ay nagpakita na ng kaunting kabutihang-asal sa Kanya? Sino ang kahit kailan ay nagparaya na sa Kanya? Sino ang kahit kailan ay nakasama na Niya sa panahon ng kahirapan? Sino ang kahit kailan ay dumanas na ng hirap ng buhay na kasama Siya? Hindi kailanman nabawasan ng tao ang kanyang mga hinihingi sa Kanya; humihingi lamang siya sa Kanya nang wala man lamang pangingimi, na para bang, dahil sa Siya’y pumarito sa mundo ng tao, kailangan Siyang maging kanyang baka o kabayo, kanyang bilanggo, at kailangang ibigay ang Kanyang lahat-lahat sa tao; kung hindi, hindi Siya kailanman patatawarin ng tao, hindi Siya kailanman tatantanan, hindi kailanman Siya tatawaging Diyos, at hindi Siya kailanman pag-uukulan ng mataas na pagpapahalaga. Masyadong mahigpit ang saloobin ng tao sa Diyos, na para bang desidido siyang pahirapan ang Diyos hanggang mamatay, saka lamang niya luluwagan ang kanyang mga hinihingi sa Diyos; kung hindi, hindi kailanman ibababa ng tao ang mga pamantayan ng kanyang mga hinihingi sa Diyos. Paanong hindi kamumuhian ng Diyos ang taong gaya nito? Hindi ba ito ang trahedya ng kasalukuyan? Nawawala ang budhi ng tao. Palagi niyang sinasabi na susuklian niya ang pag-ibig ng Diyos, nguni’t sinusuri niya ang Diyos at pinahihirapan Siya hanggang mamatay. Hindi ba ito ang “lihim na timpla” sa kanyang pananampalataya sa Diyos, na minana mula sa kanyang mga ninuno? Walang lugar na hindi mo nakikita ang mga “Hudyo,” at ngayon ginagawa pa rin nila ang parehong

gawain, ginagawa pa rin nila ang parehong gawain ng pagsalungat sa Diyos, at gayunpaman ay naniniwala na itinataas nila ang Diyos. Paano kaya makikilala ng sariling mga mata ng tao ang Diyos? Paano kayang maituturing bilang Diyos ng tao, na namumuhay sa laman, ang nagkatawang-taong Diyos na nagmula sa Espiritu? Sino sa mga tao ang maaaring makakilala sa Kanya? Nasaan ang katotohanan sa gitna ng tao? Nasaan ang tunay na pagkamakatuwiran? Sino ang may kakayahan na malaman ang disposisyon ng Diyos? Sino ang kayang makipagpaligsahan sa Diyos sa langit? Hindi na kataka-taka na, noong dumating Siya sa gitna ng tao, walang nakakilala sa Diyos, at Siya ay tinanggihan. Papaanong matitiis ng tao ang pag-iral ng Diyos? Paano niya mahahayaan na itaboy ng liwanag ang kadiliman ng mundo? Hindi ba ang lahat ng ito ay mula sa marangal na pag-uukol ng tao? Hindi ba ito ang matuwid na pagpasok ng tao? At hindi ba ang gawain ng Diyos ay nakasentro sa pagpasok ng tao? Gusto Ko na isama ninyo ang gawain ng Diyos sa pagpasok ng tao, at itatag ang isang magandang ugnayan sa pagitan ng tao at ng Diyos, at gampanan ang tungkulin na dapat magampanan ng tao sa abot ng inyong mga kakayahan. Sa ganitong paraan, darating na sa katapusan ang gawain ng Diyos, na magtatapos sa Kanyang pagtatamo ng kaluwalhatian!

Ang Pangitain ng Gawain ng Diyos 1

Si Juan ay gumawa para kay Jesus sa loob ng pitong taon, at naihanda na ang daan nang si Jesus ay dumating. Bago ito, ang ebanghelyo ng kaharian ng langit na ipinangaral ni Juan ay narinig sa lahat ng dako ng bayan, kaya ito ay lumaganap sa kabuuan ng Judea, at tinawag siya ng lahat na isang propeta. Sa panahong iyon, nais ni Haring Herodes na patayin si Juan, ngunit hindi siya nangahas, sapagkat mataas ang pagtingin ng mga tao kay Juan, at natakot si Herodes na kapag pinatay niya si Juan ay mag-aalsa sila laban sa kanya. Ang gawaing ginawa ni Juan ay nagsimulang lumago sa gitna ng mga karaniwang tao, at ginawa niyang mananampalataya ang mga Hudyo. Sa loob ng pitong taon ay inihanda niya ang daan para kay Jesus, hanggang sa panahong sinimulan ni Jesus na gampanan ang Kanyang ministeryo. At kaya, si Juan ang pinakadakila sa lahat ng mga propeta. Sinimulan lamang ni Jesus ang Kanyang opisyal na gawain pagkatapos ng pagkakakulong ni Juan. Bago kay Juan, hindi kailanman nagkaroon ng isang propeta na naghanda ng daan para sa Diyos, sapagkat bago kay Jesus, ang Diyos ay hindi kailanman naging tao noon. At kaya, sa lahat ng mga propeta hanggang kay Juan, siya lamang ang nag-iisang naghanda ng daan para sa Diyos na nagkatawang-tao, at sa ganitong paraan, si Juan ay naging ang pinakadakilang propeta ng Luma at Bagong Tipan. Sinimulan ni Juan ang pagpapalaganap ng ebanghelyo ng kaharian ng langit pitong taon bago ang bautismo ni Jesus. Para sa mga tao, ang isinagawa niyang gawain ay tila higit sa mga sumunod na gawain ni Jesus, ngunit siya

ay, gayunpaman, isa pa rin lamang propeta. Hindi siya nangusap at gumawa sa loob ng templo, kundi sa mga bayan at nayon sa labas nito. Ito ay ginawa niya, siyempre, sa bayan ng mga Hudyo, lalo na sa mahihirap. Bihirang nakisalamuha si Juan sa mga taong mula sa mataas na antas ng lipunan, at ipinalalaganap lang niya ang ebanghelyo sa mga karaniwang tao sa Judea upang maihanda ang mga karapat-dapat na tao para sa Panginoong Jesus, at maihanda ang mga naaangkop na lugar kung saan Siya gagawa. Dahil mayroong propetang katulad ni Juan upang maghanda ng daan, nakapagsimula agad ang Panginoong Jesus sa Kanyang daan ng krus sa sandaling pagdating Niya. Nang nagkatawang-tao ang Diyos upang isagawa ang Kanyang gawain, hindi Niya kinailangang isagawa ang gawain ng pamimili ng mga tao, at hindi Niya kinailangang personal na maghanap ng mga tao o ng lugar kung saan Siya gagawa. Hindi Siya nagsagawa ng ganoong gawain nang Siya ay dumating; inihanda na ng isang tamang tao ang lahat bago pa Siya dumating. Natapos na ni Juan ang gawaing ito bago sinimulan ni Jesus ang Kanyang gawain, sapagkat nang dumating ang Diyos na nagkatawang-tao upang gawin ang Kanyang gawain, agad Siyang gumawa sa kanila na matagal nang naghihintay sa Kanya. Si Jesus ay hindi dumating upang gawin ang gawain ng pagtutuwid ng tao. Siya ay dumating para gampanan lamang ang ministeryo na Kanyang gagampanan, at lahat ng iba pa ay walang kinalaman sa Kanya. Nang si Juan ay dumating, wala siyang ginawa kundi ang ilabas mula sa templo at sa gitna ng mga Hudyo ang isang grupo ng mga tumanggap sa ebanghelyo ng kaharian ng langit, upang sila ay maaaring maging mga pakay ng gawain ng Panginoong Jesus. Gumawa si Juan sa loob ng pitong taon, na ibig sabihin ay ipinalaganap niya ang ebanghelyo sa loob ng pitong taon. Sa panahon ng kanyang gawain, hindi nagsagawa si Juan ng maraming himala, dahil ang kanyang gawain ay ang ihanda ang daan; ito ang gawain ng paghahanda. Ang lahat ng ibang gawain, ang gawaing isasagawa ni Jesus, ay walang kaugnayan sa kanya; hiniling lang niya sa tao na ipagtapat ang mga kasalanan nito at magsisi, at binautismuhan ang mga tao, upang sila ay maligtas. Kahit na nagsagawa siya ng bagong gawain, at nagbukas ng daan na hindi pa kailanman nilakaran ng tao, inihanda pa rin lamang niya ang daan para kay Jesus. Siya ay propeta na nagsagawa lang ng gawain ng paghahanda, at walang kakayahan na isagawa ang gawain ni Jesus. Hindi man si Jesus ang unang nangaral ng ebanghelyo ng kaharian ng langit, at kahit ipinagpatuloy Niya ang landas na sinimulan ni Juan, wala pa ring ibang makagagawa ng Kanyang gawain, at ito'y higit sa gawain ni Juan. Hindi kayang ihanda ni Jesus ang sarili Niyang daan; ang Kanyang gawain ay direktang naisagawa sa ngalan ng Diyos. Kaya, gaano man karaming taong gumawa si Juan, siya ay isa pa ring propeta at isa pa ring naghanda sa daan. Ang tatlong taong gawaing ginawa ni Jesus ay hinigitan ang pitong taon na gawain ni Juan, dahil ang diwa ng Kanyang gawain ay hindi pareho. Nang simulang gampanan ni Jesus ang Kanyang ministeryo, na kung kailan din nagwakas ang gawain ni Juan, si Juan ay nakapaghanda na ng sapat na mga tao at mga lugar para gamitin ng Panginoong Jesus, at ang mga ito ay sapat para simulan ng Panginoong Jesus ang tatlong taong gawain.

At kaya, sa sandaling ang gawain ni Juan ay natapos, opisyal na sinimulan ng Panginoong Jesus ang Kanyang sariling gawain, at ang mga salitang sinabi ni Juan ay isinantabi. Iyon ay dahil sa ang gawaing ginawa ni Juan ay para lamang sa kapakanan ng pagbabagong-kalagayan at ang kanyang mga salita ay hindi mga salita ng buhay na mag-aakay sa tao sa panibagong paglago; sa bandang huli, ang kanyang mga salita ay pansamantala lamang ang gamit.

Ang gawain na ginawa ni Jesus ay hindi di-pangkaraniwan; mayroong isang proseso rito, at lahat ito ay sumulong alinsunod sa mga normal na batas ng mga bagay. Sa huling anim na buwan ng Kanyang buhay, nalaman ni Jesus nang may katiyakan na dumating Siya upang gawin ang gawaing ito, at nalaman na dumating Siya upang ipako sa krus. Bago Siya ipinako sa krus, patuloy na nanalangin si Jesus sa Diyos Ama, kagaya lamang nang Siya ay nanalangin nang tatlong beses sa Hardin ng Gethsemane. Pagkatapos na Siya ay mabautismuhan, ginampanan ni Jesus ang Kanyang ministryo sa loob ng tatlo at kalahating taon, at ang Kanyang opisyal na gawain ay tumagal ng dalawa at kalahating taon. Sa unang taon, Siya ay inakusahan ni Satanas, ginambala ng tao, at sumailalim sa tukso ng tao. Napagtagumpayan Niya ang maraming tukso kasabay ng pagsasagawa ng Kanyang gawain. Sa huling anim na buwan, nang si Jesus ay malapit nang ipako sa krus, mula sa bibig ni Pedro ay lumabas ang mga salita na Siya ang Anak ng Diyos na buhay, na Siya ay si Cristo. Noon lamang naging hayag sa lahat ang Kanyang gawain, at noon lamang nabunyag ang Kanyang pagkakakilanlan sa publiko. Pagkatapos noon, sinabihan ni Jesus ang Kanyang mga disipulo na Siya ay ipapako sa krus para sa kapakanan ng tao, at pagkatapos ng tatlong araw Siya ay muling mabubuhay; na Siya ay dumating upang ipatupad ang gawain ng pagtubos, at Siya ang Tagapagligtas. Sa huling anim na buwan lamang Niya ibinunyag ang Kanyang pagkakakilanlan at ang gawain na nilayon Niyang gawin. Ito rin ang panahon ng Diyos, at ang gawain ay dapat isagawa sa gayon. Sa panahong iyon, ang bahagi ng gawain ni Jesus ay alinsunod sa Lumang Tipan, gayundin sa mga kautusan ni Moises at sa mga salita ni Jehova sa Kapanahunan ng Kautusan. Ginamit ni Jesus ang lahat ng ito upang isagawa ang bahagi ng Kanyang gawain. Nangaral Siya sa mga tao at tinuruan sila sa mga sinagoga, at ginamit Niya ang mga hula ng mga propeta sa Lumang Tipan upang sawayin ang mga Pariseong mayroong pagkapoot sa Kanya, at ginamit ang mga salita sa Banal na Kasulatan upang ibunyag ang kanilang pagsuway at sa gayon ay isumpa sila. Dahil kinamuhian nila ang ginawa ni Jesus; sa partikular, karamihan sa gawain ni Jesus ay hindi ayon sa mga kautusan sa Banal na Kasulatan, at, higit pa rito, ang Kanyang mga itinuro ay mas mataas kaysa sa kanilang mga sariling salita, at higit na mas mataas pa kaysa sa mga hula ng mga propeta sa Banal na Kasulatan. Ang gawain ni Jesus ay para lamang sa kapakanan ng pagtubos sa tao at ang pagpapapako sa krus. Kaya, hindi Niya kailangang higit pang mangusap upang malupig ang sinumang tao. Ang karamihan sa Kanyang mga itinuro sa tao ay mula sa mga salita sa Banal na Kasulatan, at kahit na ang Kanyang gawain ay hindi higit sa Banal na Kasulatan, naisagawa pa rin Niya ang

gawaing pagpapapako sa krus. Ang Kanyang gawain ay hindi gawain ng salita, ni para sa kapakanan ng paglupig sa sangkatauhan, sa halip ito ay upang matubos ang sangkatauhan. Gumanap lang Siya bilang handog para sa kasalanan ng sangkatauhan, at hindi gumanap bilang mapagkukunan ng salita para sa sangkatauhan. Hindi Niya isinagawa ang gawain ng mga Hentil, na gawain ng panlulupig sa tao, kundi ang gawain ng pagpapapako sa krus, ang gawain na isinagawa sa mga naniniwala na mayroong Diyos. Kahit na ang Kanyang gawain ay naisakatuparan sa saligan ng Banal na Kasulatan, at ginamit Niya ang mga hula ng matatandang propeta upang isumpa ang mga Pariseo, ito ay sapat na upang matapos ang gawain ng pagpapapako sa krus. Kung ang gawain sa ngayon ay isinasagawa pa rin sa saligan ng mga hula ng matatandang propeta sa Banal na Kasulatan, magiging imposible na kayo ay malupig, dahil ang Lumang Tipan ay hindi naglalaman ng mga ulat ng hindi ninyo pagsunod at ng mga kasalanan ninyong mga Tsino, at walang kasaysayan ng inyong mga kasalanan. At kaya, kung ang gawaing ito ay nananatili pa rin sa Bibliya, hindi kayo kailanman susuko. Ang Bibliya ay nagtatala lang ng limitadong kasaysayan tungkol sa mga Israelita, isang hindi kayang itakda kung kayo ay mabuti o masama, o hatulan kayo. Ipagpalagay na kayo ay hahatulan Ko ayon sa kasaysayan ng mga Israelita—susundan pa rin ba ninyo Ako katulad ng inyong pagsunod ngayon? Alam ba ninyo kung gaano kayo kasutil? Kung walang binitiwang mga salita sa yugtong ito, magiging imposible ang pagtapos sa gawain ng paglupig. Dahil hindi Ako pumarito upang maipako sa krus, nararapat Akong magbitiw ng mga salita na hiwalay mula sa Bibliya, upang kayo ay malupig. Ang gawain na ginawa ni Jesus ay mas mataas lamang ng isang baitang kaysa sa Lumang Tipan; ito ay ginamit upang simulan ang isang kapanahunan, at upang pangunahan ang kapanahunang iyon. Bakit Niya sinasabing, “Ako’y naparito hindi upang sirain ang kautusan, kundi upang ganapin”? Subalit sa Kanyang gawain ay marami ang naiiba mula sa mga batas na isinagawa at mga utos na sinunod ng mga Israelita ng Lumang Tipan, sapagkat hindi Siya dumating upang sumunod sa batas, kundi para tuparin ito. Kasama sa proseso ng pagtupad nito ang maraming praktikal na bagay: Ang Kanyang gawain ay higit na praktikal at totoo, at, bukod pa roon, ito ay mas buhay, at hindi ang bulag na pagsunod sa mga patakaran. Hindi ba pinanatili ng mga Israelita ang Sabbath? Nang si Jesus ay dumating, hindi Siya sumunod sa Sabbath, sapagkat Kanyang sinabi na ang Anak ng tao ay ang Panginoon ng Sabbath, at kapag ang Panginoon ng Sabbath ay dumating, gagawin Niya ang gusto Niya. Siya ay dumating upang tuparin ang mga batas ng Lumang Tipan at upang baguhin ang mga batas. Ang lahat ng naisasagawa ngayon ay batay sa kasalukuyan, ngunit ito pa rin ay umaasa sa saligan ng gawain ni Jehova sa Kapanahunan ng Kautusan, at hindi lumalabag sa saklaw na ito. Ang bantayan ang inyong mga dila, at ang hindi pangangalunya, halimbawa—hindi ba’t ang mga ito ang mga kautusan ng Lumang Tipan? Ngayon, ang mga hinihingi sa inyo ay hindi lang limitado sa Sampung Utos, kundi binubuo ng mga utos at batas na may mas mataas na antas kaysa sa mga nauna, ngunit hindi ito nangangahulugan na nabuwag

na yaong mga nauna, dahil ang bawat yugto ng gawain ng Diyos ay isinasagawa sa saligan ng yugto na dumating bago ito. Tungkol naman sa isinakatuparang gawain ni Jehova noon sa Israel, kagaya ng pag-utos sa mga tao na maghandog ng mga alay, igalang ang kanilang mga magulang, huwag sumamba sa mga diyus-diyosan, huwag manakit o sumumpa ng kapwa, huwag makiapid, huwag manigarilyo o uminom, at huwag kumain ng mga patay na bagay o uminom ng dugo—hindi ba ito ang bumubuo sa saligan ng inyong pagsasagawa maging sa kasalukuyan? Sa saligan ng nakaraan na ang gawain ay naipapatupad hanggang sa kasalukuyan. Bagama't ang mga batas ng nakaraan ay hindi na binabanggit, at may mga bagong kahilingan nang ginawa sa iyo, ang mga batas na ito, malayo sa pagkakaalis, ay naitaas sa halip. Ang sabihin na ang mga ito ay naalis na ay nangangahulugan na ang nakaraang kapanahunan ay lipas na sa panahon, samantalang mayroong ilang utos na dapat mong igalang magpakailanman. Ang mga utos ng nakaraan ay isinagawa na, naging katauhan na ng tao, at hindi na kinakailangang bigyan ng natatanging diin ang mga utos na gaya ng “Huwag manigarilyo,” at “Huwag uminom,” at iba pa. Sa saligang ito, inilatag ang mga bagong utos alinsunod sa inyong mga pangangailangan sa kasalukuyan, alinsunod sa inyong tayog, at alinsunod sa gawain sa kasalukuyan. Ang pagtatakda ng mga utos para sa bagong kapanahunan ay hindi nangangahulugan ng pag-alis sa mga utos ng dating kapanahunan, kundi higit pang pagpapataas sa saligang ito, upang maging mas kumpleto ang mga pagkilos ng tao, at higit na nakaayon sa realidad. Kung ngayon ay kailangan lamang ninyo na sumunod sa mga utos at manahan sa mga kautusan ng Lumang Tipan sa parehong paraan tulad ng mga Israelita, at kung kailangan pa ninyong maisaulo ang mga kautusan na ibinigay ni Jehova, walang posibilidad na maaari kayong magbago. Kung kayo ay susunod lang sa yaong kakaunti at limitadong utos o magsasaulo ng di-mabilang na mga kautusan, ang inyong lumang disposisyon ay mananatiling nakatanim nang malalim, at walang magiging paraan upang ito ay bunutin. Kung gayon kayo ay lalo't lalong magiging masama, at walang sinuman sa inyo ang magiging masunurin. Ibig sabihin, walang kakayahan ang ilang payak na utos o di-mabilang na mga kautusan upang kayo ay tulungang malaman ang mga gawa ni Jehova. Hindi kayo katulad ng mga Israelita: Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan at pagsasaulo ng mga utos, nasaksihan nila ang mga gawa ni Jehova, at inalay lamang ang kanilang debosyon sa Kanya, ngunit hindi ninyo ito nakakamit, at ang ilang utos sa kapanahunan ng Lumang Tipan ay walang kakayahan upang kayo ay mahikayat na ibigay ang inyong mga puso, o na protektahan kayo, kundi sa halip ay gagawin kayong pabaya, at sasanhiin kayong mahulog sa Hades. Sapagkat ang Aking gawain ay ang gawain ng paglupig, at nakatutok ito sa inyong pagsuway at sa inyong lumang disposisyon. Ang mabubuting salita ni Jehova at ni Jesus ay malayo sa matitinding salita ng paghatol ngayon. Kung wala ang matitinding salitang iyon, magiging imposible na malupig kayong mga “dalubhasa,” na naging masuwayin na sa loob ng libu-libong taon. Matagal nang nawala ang kapangyarihan sa inyo ng mga kautusan ng Lumang Tipan, at sobrang bigat ng paghatol ng kasalukuyan

kaysa sa mga lumang kautusan. Ang pinakaangkop sa inyo ay ang paghatol, at hindi ang mababaw na mga paghihigpit ng mga kautusan, dahil hindi kayo ang sangkatauhan ng pinakaunang panahon, sa halip ay ang sangkatauhan na naging tiwali na sa loob ng libu-libong taon. Ang nararapat na makamit ng tao ngayon ay ayon sa tunay na kalagayan ng tao sa kasalukuyan, ayon sa kakayahan at talagang tayog ng tao sa kasalukuyan, at hindi kinakailangan na iyong sundin ang mga patakaran. Ito ay upang makamit ang mga pagbabago sa iyong lumang disposisyon, at upang maisantabi mo ang iyong mga kuru-kuro. Iniisip mo ba na ang mga utos ay mga patakaran? Maaaring sabihin na normal na mga kinakailangan ng tao ang mga ito. Ang mga ito ay hindi mga patakaran na dapat mong sundin. Gaya ng pagbabawal sa paninigarilyo, halimbawa—patakaran ba iyon? Hindi ito patakaran! Ito ay hinihingi ng normal na pagkatao; ito ay hindi patakaran, kundi isang itinakda para sa buong sangkatauhan. Sa kasalukuyan, ang isang dosena o higit pang mga utos na naitakda ay hindi rin mga patakaran; ang mga ito ang kinakailangan upang matamo ang normal na pagkatao. Hindi taglay o alam ng mga tao ang tungkol sa gayong mga bagay noong nakaraan, at kaya kinakailangan sa kanila na matamo ang mga ito sa kasalukuyan, at hindi ibinibilang ang mga ito na mga patakaran. Ang mga batas ay iba sa mga patakaran. Ang mga patakaran na Aking sinasabi ay tumutukoy sa mga seremonya, mga pormalidad o ang lihis at mga maling gawi ng tao; ito ang mga alituntunin na hindi nakakatulong sa tao at walang pakinabang sa kanya; bumubuo ang mga ito ng isang landasin ng pagkilos na walang taglay na kabuluhan. Ito ang pinakalarawan ng mga patakaran, at ang gayong mga patakaran ay dapat itapon, sapagkat walang naibibigay ang mga ito na pakinabang sa tao. Yaong mayroong pakinabang sa tao ang dapat isagawa.

Ang Pangitain ng Gawain ng Diyos 2

Ipinangaral sa Kapanahunan ng Biyaya ang ebanghelyo ng pagsisisi, at basta't maniwala ang tao, siya ay maliligtas. Sa kasalukuyan, sa halip na kaligtasan, mayroon lamang pag-uusap tungkol sa paglupig at pagperpekto. Hindi kailanman sinabi na kung nananampalataya ang isang tao, ang kanyang buong pamilya ay pagpapalain, o na kapag nailigtas na ay palagi nang ligtas. Sa kasalukuyan, walang sinuman ang nagsasabi ng mga salitang ito, at ang gayong mga bagay ay lipas na. Sa panahong iyon, ang gawain ni Jesus ay ang gawain ng pagtubos sa buong sangkatauhan. Ang mga kasalanan ng lahat ng naniwala sa Kanya ay pinatawad; basta't ikaw ay naniniwala sa Kanya, ikaw ay Kanyang tutubusin; kung ikaw ay naniniwala sa Kanya, wala ka na sa pagkakasala, ikaw ay pinawalang-sala na sa iyong mga kasalanan. Ito ang kahulugan ng maligtas, at mapawalang-sala ng pananampalataya. Ngunit sa mga naniwala, mayroon pa ring nanatiling mga mapanghimagsik at sumalungat sa Diyos, at kailangan pa ring dahan-dahang alisin. Ang kaligtasan ay hindi nangahulugan na ang tao ay lubusan nang

nakamit ni Jesus, kundi na ang tao ay wala na sa kasalanan, na siya ay pinatawad na sa kanyang mga kasalanan. Basta't ikaw ay naniniwala, hindi ka na kailanman nasa kasalanan pa. Sa panahong iyon, si Jesus ay gumawa ng maraming gawain na hindi maintindihan ng Kanyang mga disipulo, at nagsabi ng marami na hindi naunawaan ng mga tao. Ito ay dahil, sa panahong iyon, hindi Siya nagbigay ng anumang paliwanag. Kaya, maraming taon pagkatapos Niyang umalis, nilikha ni Mateo ang talaangkanan ni Jesus, at gumawa rin ang iba ng maraming gawain na naaayon sa kalooban ng tao. Hindi pumarito si Jesus upang gawing perpekto at kamitin ang tao, kundi upang magsagawa ng isang yugto ng gawain: ang dalhin ang ebanghelyo ng kaharian ng langit at tapusin ang gawain ng pagpapapako sa krus. At kaya, nang naipako na sa krus si Jesus, ang Kanyang gawain ay lubos nang natapos. Ngunit sa kasalukuyang yugto—ang gawain ng paglupig—mas maraming salita ang dapat ipahayag, mas maraming gawain ang dapat isagawa, at kailangang magkaroon ng maraming proseso. Kaya dapat ding mabunyag ang mga hiwaga ng gawain nina Jesus at Jehova, nang sa gayon ay maaaring magkaroon ang lahat ng tao ng pang-unawa at kalinawan sa kanilang paniniwala, dahil ito ang gawain sa mga huling araw, at ang mga huling araw ang katapusan ng gawain ng Diyos, ang panahon ng pagtatapos ng gawain. Liliwanagin para sa iyo ng yugtong ito ng gawain ang kautusan ni Jehova at ang pagtubos ni Jesus, at pangunahin na ito'y upang maunawaan mo ang buong gawain ng anim na libong taong plano ng pamamahala ng Diyos, at mapahalagahan ang lahat ng kabuluhan at diwa ng anim na libong taong plano ng pamamahala na ito, at maunawaan ang layunin ng lahat ng gawaing isinagawa ni Jesus at ang mga salitang Kanyang sinabi, at maging ang iyong bulag na paniniwala at pagsamba sa Bibliya. Tutulutan ka nito na lubos na maunawaan ang lahat ng ito. Magagawa mong maunawaan kapwa ang gawain na ginawa ni Jesus, at ang gawain ng Diyos ngayon; mauunawaan mo at iyong mapagmamasdan ang lahat ng katotohanan, ang buhay, at ang daan. Sa yugto ng gawaing isinagawa ni Jesus, bakit umalis si Jesus nang hindi ginagawa ang pagtatapos na gawain? Dahil ang yugto ng gawain ni Jesus ay hindi ang gawain ng pagtatapos. Nang Siya ay ipinako sa krus, ang Kanyang mga salita ay natapos din; matapos ang pagpapapako Niya sa krus, ang Kanyang gawain ay ganap nang nagwakas. Ang kasalukuyang yugto ay iba: Tanging pagkatapos sabihin ang mga salita hanggang sa katapusan at magwakas ang buong gawain ng Diyos ay saka lang matatapos ang Kanyang gawain. Sa yugto ng gawain ni Jesus, maraming salita ang nanatiling hindi naipahayag, o hindi naipahayag nang buong linaw. Ngunit walang pakialam si Jesus sa Kanyang mga sinabi at hindi sinabi, dahil ang Kanyang ministeryo ay hindi ang ministeryo ng mga salita, kaya matapos Siyang ipako sa krus, Siya ay lumisan. Ang yugtong iyon ng gawain ay pangunahing para sa pagpapapako sa krus, at hindi katulad ng kasalukuyang yugto. Ang kasalukuyang yugtong ito ng gawain ay pangunahing para sa pagtatapos, paglilinaw, at paghahatid ng lahat ng gawain sa isang konklusyon. Kung hindi binibigkas ang mga salita hanggang sa kahuli-hulihan, magiging imposibleng matapos ang gawaing ito, dahil sa yugtong ito ng gawain, ang

lahat ng gawain ay tinatapos at ginagawa sa pamamagitan ng mga salita. Noong panahong iyon, nagsagawa si Jesus ng maraming gawain na hindi maunawaan ng tao. Siya ay tahimik na lumisan, at ngayon marami pa rin na hindi nakauunawa sa Kanyang mga salita, na mali ang pagkaunawa ngunit naniniwala pa rin na ito ay tama, at hindi alam na mali sila. Ang huling yugto ang magdadala ng gawain ng Diyos sa isang ganap na wakas at magbibigay ng konklusyon nito. Magagawang maunawaan at malaman ng lahat ang plano ng pamamahala ng Diyos. Ang mga kuru-kuro sa loob ng tao, ang kanyang mga layunin, ang kanyang mali at katawa-tawang pagkaunawa, ang kanyang mga kuru-kuro sa gawain nina Jehova at Jesus, ang kanyang mga pananaw tungkol sa mga Hentil, at ang kanyang iba pang mga paglihis at mga kamalian ay itatama. At mauunawaan ng tao ang lahat ng tamang landas ng buhay, at ang lahat ng gawaing ginawa ng Diyos, at ang buong katotohanan. Kapag nangyari iyon, ang yugtong ito ng gawain ay matatapos na. Ang gawain ni Jehova ay ang paglikha sa mundo, iyon ang simula; ang yugto na ito ng gawain ang katapusan ng gawain, at ito ang konklusyon. Sa simula, isinagawa ang gawain ng Diyos sa mga taong hinirang sa Israel, at ito ang simula ng isang bagong panahon sa pinakabanal sa lahat ng lugar. Ang huling yugto ng gawain ay isinasagawa sa pinakamarumi sa lahat ng bansa, upang hatulan ang mundo at wakasan ang kapanahunan. Sa unang yugto, ang gawain ng Diyos ay isinagawa sa pinakamaliwanag na lugar sa lahat, at ang huling yugto ay isinasagawa sa pinakamadilim na lugar sa lahat, at ang kadilimang ito ay itataboy, ang liwanag ay papapasukin, at ang lahat ng tao ay malulupig. Kapag ang mga tao sa pinakamarumi at pinakamadilim sa lahat ng lugar na ito ay nalupig na, at ang buong populasyon ay kinilala nang mayroong Diyos, na Siyang tunay na Diyos, at ang bawat tao ay lubusan nang nakumbinsi, ang katotohanang ito ay gagamitin upang isagawa ang gawain ng paglupig sa buong sansinukob. Ang yugtong ito ng gawain ay mayroong isinasagisag: Kapag natapos na ang gawain sa kapanahunang ito, ang gawain ng anim na libong taon ng pamamahala ay ganap nang magwawakas. Sa oras na ang mga nasa pinakamadilim sa lahat ng lugar ay nalupig na, tiyak na ganoon din ang mangyayari sa iba pang lugar. Kung gayon, tanging ang gawain ng panlulupig sa China ang nagtataglay ng makabuluhang pagsasagisag. Kinakatawan ng China ang lahat ng puwersa ng kadiliman, at ang mga tao sa China ay kumakatawan sa lahat ng sa laman, kay Satanas, at sa laman at dugo. Ang mga Tsino ang pinakaginawang tiwali ng malaking pulang dragon, ang may pinakamasidhing pagsalungat sa Diyos, na ang pagkatao ay pinakamasama at marumi, at kaya sila ang tipikal na halimbawa ng lahat ng tiwaling pagkatao. Hindi ito nangangahulugan na ang ibang mga bansa ay walang mga suliranin ni anuman; ang mga kuru-kuro ng tao ay magkakaparehong lahat, at bagama't ang mga tao sa mga bansang ito ay maaaring mayroong mahusay na kakayahan, kung hindi nila nakikilala ang Diyos, tiyak na kinakalaban nila Siya. Bakit sinalungat at kinalaban din ng mga Hudyo ang Diyos? Bakit kinalaban din Siya ng mga Pariseo? Bakit pinagtaksilan ni Judas si Jesus? Sa panahong iyon, marami sa mga disipulo ang hindi nakakilala kay

Jesus. Bakit, pagkatapos ipako sa krus si Jesus at muling nabuhay, ay hindi pa rin naniwala sa Kanya ang mga tao? Hindi ba pare-pareho lamang ang pagsuway ng tao? Ang mga tao ng China ay ginawa lamang halimbawa, at kapag sila ay nalupig, sila ay magiging mga modelo at huwaran, at magsisilbing sanggunian para sa iba. Bakit Ko palaging sinasabi na kayo ay mga karagdagan sa Aking plano ng pamamahala? Sa mga tao sa China naipapamalas nang pinakabuong-buo at nabubunyag ang katiwalian, karumihan, pagiging hindi matuwid, pagtutol, at pagiging suwail sa lahat ng iba't ibang mga anyo nito. Sa isang banda, sila ay may mahinang kakayahan, at sa kabilang banda, ang kanilang mga buhay at pag-iisip ay paurong, at ang kanilang mga gawi, kapaligirang panlipunan, pamilya ng kapanganakan—ang lahat ay salat at pinakapaurong. Ang kanilang katayuan ay mababa rin. Ang gawain sa lugar na ito ay may isinasagisag, at matapos maisagawa ang kabuuan ng gawain ng pagsusuri na ito, ang susunod na gawain ng Diyos ay magiging higit na madali. Kung matatapos ang hakbang na ito ng gawain, ang susunod na gawain ay matitiyak. Sa oras na magawa na ang hakbang na ito ng gawain, lubos nang nakamit ang malaking tagumpay, at ang gawain ng paglupig sa buong sansinukob ay ganap nang nagwakas. Sa katunayan, kapag nagtagumpay na ang gawain sa inyo, ito ay magiging katumbas ng tagumpay sa buong sansinukob. Ito ang kahalagahan ng kung bakit pinakikilos Ko kayo bilang modelo at huwaran. Ang pagiging suwail, pagsalungat, karumihan, at pagiging hindi matuwid—ang lahat ay matatagpuan sa mga taong ito, at sa kanila ay kinakatawan ang lahat ng pagkasuwail ng sangkatauhan. Sila ay tunay ngang namumukod-tangi. Kaya nga sila ay itinuturing na pinakamahirap na malupig, at sa oras na sila ay nalupig na, sila ay natural na magiging mga huwaran at modelo para sa iba. Wala nang mas may isinasagisag pa kaysa sa pagsasagawa ng unang yugto sa Israel: Ang mga Israelita ang pinakabanal at pinakahindi tiwali sa lahat ng bayan, kaya't ang pagsisimula ng bagong panahon sa lupaing ito ay nagtaglay ng sukdulang kahalagahan. Maaaring sabihin na ang mga ninuno ng sangkatauhan ay nagmula sa Israel, at na ang Israel ang lugar ng kapanganakan ng gawain ng Diyos. Sa simula, ang mga taong ito ang pinakabanal, at lahat sila ay sumamba kay Jehova, at nagbunga ng pinakamagagandang resulta ang gawain ng Diyos sa kanila. Nakatala sa kabuuan ng Bibliya ang gawain ng dalawang kapanahunan: Ang isa ay ang gawain ng Kapanahunan ng Kautusan, at ang isa ay ang gawain ng Kapanahunan ng Biyaya. Nakatala sa Lumang Tipan ang mga salita ni Jehova sa mga Israelita at ang Kanyang gawain sa Israel; nakatala sa Bagong Tipan ang gawain ni Jesus sa Judea. Ngunit bakit hindi naglalaman ang Bibliya ng anumang mga pangalang Tsino? Sapagkat ang unang dalawang bahagi ng gawain ng Diyos ay isinagawa sa Israel, sapagkat ang mga tao ng Israel ay ang mga taong hinirang—na ang ibig sabihin ay sila ang unang tumanggap sa gawain ni Jehova. Sila ang pinakahindi tiwali sa buong sangkatauhan, at sa simula, gusto nilang tingalain ang Diyos at igalang Siya. Sinunod nila ang mga salita ni Jehova, at lagi silang nagsilbi sa templo, at nagsuot ng mga damit pangsaserdote o mga korona. Sila ang mga pinakaunang tao na sumamba sa Diyos, at

ang mga pinakaunang pakay ng Kanyang gawain. Ang mga taong ito ang mga huwaran at modelo para sa buong sangkatauhan. Sila ay mga huwaran at modelo ng kabanalan, ng mga taong matuwid. Ang mga taong katulad nina Job, Abraham, Lot, o Pedro at Timoteo—silang lahat ay mga Israelita, at ang mga pinakabanal sa mga huwaran at modelo. Ang Israel ang pinakaunang bansa sa sangkatauhan na sumamba sa Diyos, at mas maraming matuwid na tao ang nagmula rito kaysa sa saan mang lugar. Gumawa ang Diyos sa kanila upang mapamahalaan Niya nang mas maayos ang sangkatauhan sa lahat ng lugar sa hinaharap. Ang kanilang mga naisakatuparan at ang matuwid na mga gawa nila sa pagsamba kay Jehova ay nakatala, upang sila ay makapagsilbi bilang mga huwaran at modelo sa mga tao sa labas ng Israel sa Kapanahunan ng Biyaya; at itinaguyod ng kanilang mga kilos ang ilang libong taon ng gawain, magpahanggang sa kasalukuyan.

Pagkatapos ng pagkakatatag ng mundo, ang unang yugto ng gawain ng Diyos ay isinagawa sa Israel, at kaya ang Israel ay ang bayang sinilangan ng gawain ng Diyos sa lupa, at ang himpilan ng gawain ng Diyos sa lupa. Ang gawain ni Jesus ay isinagawa sa buong Judea. Sa panahon ng Kanyang gawain, napakakaunti sa mga nasa labas ng Judea ang nakaalam nito, sapagkat hindi Siya gumawa ng anumang gawain sa labas ng Judea. Sa kasalukuyan, ang gawain ng Diyos ay dinala sa China, at ito ay ganap na isinasagawa sa loob lamang ng saklaw na ito. Sa yugtong ito, walang gawain ang inilulunsad sa labas ng China; ang paglaganap nito sa labas ng China ay gawain na mangyayari kalaunan. Ang yugtong ito ng gawain ay sumusunod sa yugto ng gawain ni Jesus. Ginawa ni Jesus ang gawain ng pagtubos, at ang yugtong ito ang gawain na sumunod sa gawaing iyon; ang gawain ng pagtubos ay natapos na, at sa yugtong ito ay walang pangangailangan para sa paglilihi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, sapagkat ang yugtong ito ng gawain ay hindi kagaya ng huling yugto, at, higit pa rito, sapagkat ang China ay hindi kagaya ng Israel. Isinagawa ni Jesus ang isang yugto ng gawain ng pagtubos. Nakita ng tao si Jesus, at hindi nagtagal pagkatapos nito, ang Kanyang gawain ay nagsimulang lumaganap sa mga Hentil. Sa kasalukuyan, marami ang naniniwala sa Diyos sa Amerika, sa UK at Russia, kaya bakit mas kakaunting tao ang naniniwala sa China? Sapagkat ang China ang pinakasaradong bansa. Dahil dito, ang China ang pinakahuling tumanggap sa daan ng Diyos, at kahit ngayon ay wala pa sa isandaang taon mula nang ginawa nito ito—mas huli kaysa sa Amerika at sa UK. Ang huling yugto ng gawain ng Diyos ay isinasagawa sa lupain ng China upang mawakasan ang Kanyang gawain, at upang ang lahat ng Kanyang gawain ay maisakatuparan. Tinawag ng lahat ng tao sa Israel si Jehova na kanilang Panginoon. Noong panahong iyon, Siya ay itinuring nilang puno ng kanilang sambahayan, at ang buong Israel ay naging isang malaking sambahayan kung saan ay sinamba ng lahat ang kanilang Panginoong Jehova. Ang Espiritu ni Jehova ay madalas magpakita sa kanila, at Siya ay nagsalita at ipinarinig ang Kanyang tinig sa kanila, at gumamit ng isang haliging ulap at ng tunog upang gabayan ang kanilang mga buhay. Noong panahong iyon, tuwirang

ibinigay ng Espiritu ang Kanyang paggabay sa Israel, nagsasalita at ipinaririnig ang Kanyang tinig sa mga tao, at nakita nila ang mga ulap at narinig ang mga dagundong ng kulog, at sa ganitong paraan ay ginabayan Niya ang kanilang mga buhay sa loob ng ilang libong taon. Kaya, ang mga tao lamang ng Israel ang palagian nang sumasamba kay Jehova. Naniniwala sila na si Jehova ang kanilang Diyos, at hindi Siya ang Diyos ng mga Hentil. Ito ay hindi nakakagulat: Si Jehova, matapos ang lahat, ay gumawa kasama nila nang halos 4,000 taon. Sa lupain ng China, pagkaraan ng libu-libong taon ng mahimbing na pagtulog, ngayon lamang nalaman ng mga mababang-uri na ang kalangitan at ang lupa at ang lahat ng bagay ay hindi likas na nabuo, kundi ginawa ng Lumikha. Sapagkat ang ebanghelyong ito ay nanggaling sa ibayong dagat, ang mga piyudal at reaksiyonaryong mag-isip ay naniniwala na lahat ng tumatanggap sa ebanghelyong ito ay taksil, na sila ang masasama na nagtaksil kay Buddha, ang kanilang ninuno. Higit pa rito, marami sa piyudal mag-isip ang nagtatanong, “Paano maniniwala ang mga Tsino sa Diyos ng mga banyaga? Hindi ba nila pinagtataksilan ang kanilang mga ninuno? Hindi ba sila gumagawa ng masama?” Sa kasalukuyan, matagal na panahon nang nakalimutan ng mga tao na si Jehova ang kanilang Diyos. Matagal na nilang inilagay sa likod ng kanilang mga pag-iisip ang Lumikha, at sa halip sila ay naniniwala sa ebolusyon, na nangangahulugan na ang tao ay unti-unting umusbong mula sa mga unggoy, at na ang likas na mundo ay nabuo sa paraang inaasahan. Ang lahat ng masarap na pagkain na tinatamasa ng sangkatauhan ay ibinigay ng kalikasan, mayroong kaayusan sa buhay at kamatayan ng tao, at walang Diyos na namamahala sa lahat ng ito. Higit pa rito, maraming ateista ang naniniwala na ang pamumuno ng Diyos sa lahat ay pamahiin at hindi base sa siyensiya. Ngunit mapapalitan ba ng agham ang gawain ng Diyos? Mapapamahalaan ba ng agham ang sangkatauhan? Ang pangangaral ng ebanghelyo sa bansang pinamumunuan ng ateismo ay hindi madaling gawin, at kaakibat nito ang malalaking hadlang. Sa kasalukuyan, hindi ba marami ang sumasalungat sa Diyos sa ganitong paraan?

Nang dumating si Jesus para gawin ang Kanyang gawain, ikinumpara ng maraming tao ang Kanyang gawain sa gawain ni Jehova, at, nang makita nila na hindi pareho ang mga ito, ipinako nila si Jesus sa krus. Bakit wala silang nakitang pagkakapareho sa Kanilang gawain? Bahagi nito ay dahil gumawa si Jesus ng bagong gawain, at dahil rin sa walang sinuman ang nagsulat ng Kanyang talaangkanan bago sinimulan ni Jesus ang Kanyang gawain. Maganda sana kung mayroong gumawa noon—sino pa ang magpapako kay Jesus sa krus kung gayon? Kung isinulat ni Mateo ang talaangkanan ni Jesus nang mas maaga ng ilang dekada, hindi sana nagdusa si Jesus ng ganoon katinding pag-uusig. Hindi ba gayon? Sa sandaling mabasa ng mga tao ang talaangkanan ni Jesus—na Siya ang anak ni Abraham, at ang inapo ni David—itinigil sana nila ang kanilang pag-uusig sa Kanya. Hindi ba sayang na ang Kanyang talaangkanan ay masyadong huli nang naisulat? At sayang na dalawang yugto lamang ng gawain ng Diyos ang naitala ng Bibliya: isang yugto na gawain ng Kapanahunan ng Kautusan, at

isa na gawain ng Kapanahunan ng Biyaya; isang yugto na gawain ni Jehova, at isa na gawain ni Jesus. Mas mahusay sana kung nahulaan ng isang dakilang propeta ang gawain sa kasalukuyan. Magkakaroon sana ng dagdag na bahagi sa Bibliya na mayroong pamagat na “Ang Gawain sa mga Huling Araw”—hindi ba magiging higit na mahusay ang gayon? Bakit dapat isailalim ang tao sa napakaraming paghihirap sa kasalukuyan? Labis na kayong nahirapan! Kung may sinumang dapat kamuhian, ito ay sina Isaias at Daniel dahil sa hindi paghula sa gawain sa mga huling araw, at kung mayroon mang dapat sisihin, ito ay ang mga apostol ng Bagong Tipan na hindi itinala nang mas maaga ang talaangkanan ng ikalawang pagkakatawang-tao ng Diyos. Kahiya-hiya talaga iyon! Kailangan ninyong maghanap sa lahat ng dako para sa katibayan, at kahit pagkatapos makahanap ng ilang piraso ng kakaunting salita, hindi pa rin ninyo masasabi kung ang mga ito ay katibayan talaga. Kahiya-hiya! Bakit masyadong malihim ang Diyos sa Kanyang gawain? Sa kasalukuyan, maraming tao ang hindi pa nakakahanap ng kapani-paniwalang katibayan, ngunit hindi rin nila magawang ikaila ito. Kaya ano ang dapat nilang gawin? Hindi nila kayang sundin ang Diyos nang may katatagan, ngunit hindi rin sila makapagpatuloy nang may gayong pag-aalinlangan. At kaya, maraming “mauutak at matatalinong iskolar” ang yumayakap sa saloobin na “subukan nang makita” kapag sila ay sumusunod sa Diyos. Masyadong magulo ito! Hindi ba naging higit na mas madali sana ang mga bagay-bagay kung nagawa nina Mateo, Marcos, Lucas, at Juan na hulaan ang hinaharap? Mas mainam sana kung nakita ni Juan ang panloob na katotohanan ng pamumuhay sa kaharian—sayang na nakakita lamang siya ng mga pangitain at hindi nakakita ng totoo at materyal na gawain sa lupa. Kahiya-hiya talaga ito! Ano ang mali sa Diyos? Bakit, pagkatapos na naging napakaayos ang Kanyang gawain sa Israel, ay dumating Siya ngayon sa China, at, bakit kailangan Niyang maging tao, at personal na gumawa at mamuhay kasama ng mga tao? Ang Diyos ay masyadong walang pakundangan sa tao! Hindi lamang sa hindi Niya sinabi sa mga tao nang mas maaga, kundi bigla Niyang dinala ang Kanyang pagkastingo at paghatol. Wala talaga itong katuturan! Sa unang pagkakataon na ang Diyos ay naging tao, dumanas Siya ng maraming paghihirap bilang resulta ng hindi pagsasabi sa tao nang mas maaga tungkol sa lahat ng panloob na katotohanan. Tiyak naman na hindi Niya nalimutan iyon? Kaya bakit hindi pa rin Niya sinasabi sa tao sa pagkakataong ito? Sa kasalukuyan, labis na kasawiang-palad na mayroon lamang animnapu’t anim na aklat sa Bibliya. Kinakailangang may isa pa na hinuhulaan ang gawain sa mga huling araw! Ano sa palagay mo? Maging sina Jehova, Isaias at David ay walang binanggit tungkol sa gawain sa kasalukuyan. Sila ay mas malayo sa kasalukuyan, malayo nang mahigit 4,000 taon. Hindi rin ganap na hinulaan ni Jesus ang gawain sa kasalukuyan, nagsalita lamang Siya nang kaunti tungkol dito, at hindi pa rin nakakahanap ang tao ng sapat na katibayan. Kung ihahambing mo ang gawain ng kasalukuyan sa dati, paano magkakapareho ang dalawa sa isa’t isa? Ang yugto ng gawain ni Jehova ay nakatuon sa Israel, kaya kung ihahambing mo iyon sa gawain ng kasalukuyan magkakaroon ng higit pang malaking pagkakaiba; hindi talaga

maaaring paghambingin ang dalawa. Hindi ka mula sa Israel, ni isang Hudyo; ang iyong kakayahan at ang lahat ng tungkol sa iyo ay kulang—paano mo maihahambing ang iyong sarili sa kanila? Posible ba ito? Dapat ninyong malaman na ang kasalukuyan ay ang Kapanahunan ng Kaharian, at ito ay naiiba mula sa Kapanahunan ng Kautusan at sa Kapanahunan ng Biyaya. Anu't anuman, huwag subukang gumamit ng isang pormula; hindi masusumpungan ang Diyos sa anumang mga pormula na tulad nito.

Paano namuhay si Jesus sa loob ng 29 na taon pagkatapos ng Kanyang kapanganakan? Walang naitalang anuman ang Bibliya tungkol sa Kanyang kamusmusan at kabataan; alam mo ba kung paano ang mga ito? Posible ba na wala Siyang kamusmusan o kabataan, at nang Siya ay isilang Siya ay tatlumpung taong gulang na? Masyadong kaunti ang iyong nalalaman, kaya huwag maging masyadong padalus-dalos sa pagsasabi ng iyong mga pananaw. Hindi ito magdudulot ng mabuti sa iyo! Nakatala lamang sa Bibliya na bago ang ika-30 kaarawan ni Jesus, Siya ay nabautismuhan at inakay ng Banal na Espiritu sa ilang upang sumailalim sa pagtukso ng diyablo. At itinatala ng Apat na Ebanghelyo ang Kanyang tatlo at kalahating taong gawain. Walang tala tungkol sa Kanyang kamusmusan at kabataan, ngunit hindi nito pinatutunayan na hindi Siya nagkaroon ng kamusmusan at kabataan; iyon ay dahil lamang sa hindi Siya gumawa ng anumang gawain sa simula, at isa Siyang normal na tao. Kung gayon, masasabi mo ba na nabuhay si Jesus sa loob ng 33 taon nang hindi naging binatilyo o bata? Posible bang bigla Siyang umabot sa gulang na 33 at kalahati? Ang lahat ng ito na iniisip ng tao tungkol sa Kanya ay higit sa pangkaraniwan at hindi makatotohanan. Walang anumang pag-aalinlangan na ang Diyos na nagkatawang-tao ay nagtataglay ng karaniwan at normal na pagkatao, ngunit kapag isinasagawa Niya ang Kanyang gawain ito ay tuwirang sa pamamagitan ng Kanyang hindi ganap na pagkatao at ganap na pagka-Diyos. Dahil dito kung kaya't ang mga tao ay mayroong mga pag-aalinlangan tungkol sa gawain sa kasalukuyan, at maging tungkol sa gawain ni Jesus. Bagama't ang gawain ng Diyos ay magkaiba sa dalawang beses na Siya ay naging tao, ang Kanyang diwa ay hindi. Siyempre, kung babasahin mo ang mga tala sa Apat na Ebanghelyo, malaki ang mga pagkakaiba. Paano ka makakabalik sa buhay ni Jesus sa panahon ng Kanyang kamusmusan at kabataan? Paano mo mauunawaan ang normal na pagkatao ni Jesus? Marahil ay mayroon kang matibay na pagkaunawa tungkol sa pagkatao ng kasalukuyang Diyos, subalit wala kang taglay na pagkaunawa sa pagkatao ni Jesus, at lalong hindi mo ito naiintindihan. Kung hindi ito itinala ni Mateo, hindi ka magkakaroon ng ideya tungkol sa pagkatao ni Jesus. Marahil, kapag sinabi Ko sa iyo ang mga kuwento tungkol kay Jesus sa panahon ng Kanyang buhay, at sinabi sa iyo ang tungkol sa panloob na mga katotohanan ng kamusmusan at kabataan ni Jesus, iiiling mo ang iyong ulo at sasabihing: "Hindi! Hindi Siya maaaring maging ganoon. Hindi Siya maaaring magkaroon ng anumang kahinaan, at lalong hindi Niya tataglayin ang anumang pagkatao!" Sisigaw ka pa at hihiyaw. Ito ay dahil hindi mo nauunawaan si Jesus kung kaya't mayroon kang mga kuru-kuro tungkol sa Akin. Pinaniniwalaan mo si

Jesus na masyadong banal, na wala Siyang anumang pagkiling sa laman. Ngunit ang mga katotohanan ay nananatili pa ring mga katotohanan. Walang sinuman ang gustong magsalita nang kasalungat ng katotohanan ng mga katunayan, sapagkat kapag Ako ay nagsasalita ito ay may kaugnayan sa katotohanan; ito ay hindi haka-haka, ni propesiya. Dapat mong malaman na kaya ng Diyos na umakyat sa kaitaas-taasan, at, higit pa rito, na makakapagtago Siya sa pinakamalalalim na kailaliman. Siya ay hindi isang bagay na nalilikha mo sa iyong isipan—Siya ang Diyos ng lahat ng nilikha, hindi isang personal na Diyos na ipinaglihi ng isang partikular na tao.

Ang Pangitain ng Gawain ng Diyos 3

Ang unang pagkakataon na naging tao ang Diyos ay sa pamamagitan ng paglilihi sa Banal na Espiritu, at ito ay may kaugnayan sa gawain na nilayon Niyang gawin. Ang Kapanahunan ng Biyaya ay nagsimula sa pangalan ni Jesus. Nang nagsimula si Jesus na gampanan ang Kanyang ministryo, ang Banal na Espiritu ay nagsimulang magpatotoo sa pangalan ni Jesus, at ang pangalan ni Jehova ay hindi na binanggit; sa halip, pangunahing ginawa ng Banal na Espiritu ang bagong gawain sa pangalan ni Jesus. Ang patotoo ng mga naniwala sa Kanya ay inilahad para kay Jesucristo, at ang gawain na kanilang ginawa ay para rin kay Jesucristo. Ang konklusyon ng Kapanahunan ng Kautusan sa Lumang Tipan ay nangahulugan na ang gawain na pangunahing isinagawa sa pangalan ni Jehova ay natapos na. Simula nito, ang pangalan ng Diyos ay hindi na Jehova; sa halip Siya ay tinawag na Jesus, at magmula noon ay pangunahing sinimulan ng Banal na Espiritu ang gawain sa pangalan ni Jesus. Kaya, sa mga taong sa kasalukuyan ay kumakain at umiinom pa rin ng mga salita ni Jehova, at ginagawa pa rin ang lahat ayon sa gawain ng Kapanahunan ng Kautusan—hindi mo ba bulag na sinusunod ang mga patakaran? Hindi ka ba nananatili sa nakaraan? Batid na ninyo ngayon na ang mga huling araw ay dumating na. Maaari kaya na sa pagdating ni Jesus, Siya ay tatawagin pa ring Jesus? Sinabi ni Jehova sa mga mamamayan ng Israel na darating ang isang Mesiyas, ngunit nang Siya ay dumating, hindi Siya tinawag na Mesiyas kundi Jesus. Sinabi ni Jesus na Siya ay muling darating, at ang Kanyang pagdating ay tulad ng Kanyang pag-alis. Ito ang mga salita ni Jesus, ngunit nakita mo ba kung paano umalis si Jesus? Si Jesus ay umalis sakay ng isang puting ulap ngunit maaari kayang personal Siyang babalik sa mga tao nang nasa ibabaw ng isang puting ulap? Kung magkagayon, hindi ba Siya tatawagin pa ring Jesus? Sa muling pagdating ni Jesus, nagbago na rin ang kapanahunan, dahil dito, maaari pa rin ba Siyang tawagin na Jesus? Maaari lang bang makilala ang Diyos sa pangalan na Jesus? Hindi ba Siya maaaring tawagin sa bagong pangalan sa isang bagong kapanahunan? Maaari bang kumatawan sa Diyos, sa Kanyang kabuuan, ang larawan ng isang tao at ang isang partikular na pangalan? Sa bawat kapanahunan, gumagawa ang Diyos ng bagong gawain at Siya ay tinatawag

sa bagong pangalan; paano Niya gagawin ang parehong gawain sa magkaibang kapanahunan? Paano Siya mananatili sa dati? Ang pangalan na Jesus ay ginamit para sa gawain ng pagtubos, kaya tatawagin pa rin ba Siya sa parehong pangalan pagbalik Niya sa mga huling araw? Gagawin pa rin ba Niya ang gawain ng pagtubos? Bakit iisa lamang si Jehova at si Jesus, subalit Sila ay tinatawag sa magkaibang pangalan sa magkaibang kapanahunan? Hindi ba't ito ay sa kadahilanang magkaiba ang mga kapanahunan ng Kanilang gawain? Maaari bang kumatawan sa Diyos, sa Kanyang kabuuan, ang iisang pangalan lamang? Dahil dito, nararapat na tawagin ang Diyos sa ibang pangalan sa ibang kapanahunan, at nararapat Niyang gamitin ang pangalang ito upang baguhin ang kapanahunan at katawanin ang kapanahunan. Dahil walang anumang pangalan ang maaaring ganap na kumatawan sa Diyos Mismo, at ang bawat pangalan ay maaari lamang kumatawan sa pansamantalang aspeto ng disposisyon ng Diyos sa isang tiyak na kapanahunan; ang kailangan lang nitong gawin ay kumatawan sa Kanyang gawain. Samakatuwid, maaaring mamili ang Diyos ng anumang pangalan na angkop sa Kanyang disposisyon upang kumatawan sa buong kapanahunan. Ito man ay kapanahunan ni Jehova, o kapanahunan ni Jesus, ang bawat kapanahunan ay kinakatawan ng isang pangalan. Sa pagtatapos ng Kapanahunan ng Biyaya, ang huling kapanahunan ay dumating na, at pumarito na si Jesus. Paano pa rin Siya matatawag na Jesus? Paano pa rin Niya maipakikita ang anyo ni Jesus sa gitna ng mga tao? Nakalimutan mo na ba na si Jesus ay isa lamang larawan ng isang Nazareno? Nakalimutan mo na ba na si Jesus ay ang Manunubos lamang ng sangkatauhan? Paano Niya aakuin ang gawain ng panlulupig at gagawing perpekto ang tao sa mga huling araw? Si Jesus ay umalis sakay ng isang puting ulap—ito ay katotohanan—ngunit paano Siya makababalik sakay ng isang puting ulap sa gitna ng tao at tatawagin pa ring Jesus? Kung Siya ay talagang dumating sakay ng isang ulap, paano Siya hindi makikilala ng tao? Hindi ba Siya makikilala ng mga tao sa buong mundo? Kung magkagayon, hindi ba magiging Diyos si Jesus nang mag-isa? Kung magkagayon, ang magiging larawan ng Diyos ay nasa kaanyuan ng isang Hudyo at bukod pa rito ay mananatiling gayon magpakailanman. Sinabi ni Jesus na Siya ay darating kung paano Siya umalis, ngunit nalalaman mo ba ang tunay na kahulugan ng Kanyang mga salita? Maaari kayang nasabi Niya sa pangkat ninyong ito? Nalalaman mo lamang na Siya ay darating kung paano Siya umalis, nakasakay sa isang ulap, ngunit nalalaman mo ba kung paano talaga ginagawa ng Diyos Mismo ang Kanyang gawain? Kung talaga ngang nakikita mo, paano maipaliliwanag ang mga salitang binigkas ni Jesus? Sinabi Niya: Kung kailanman darating ang Anak ng tao sa mga huling araw, Siya Mismo ay hindi makakaalam, hindi malalaman ng mga anghel, hindi malalaman ng mga sugo sa langit, at hindi malalaman ng buong sangkatauhan. Tanging ang Ama ang makakaalam, ibig sabihin, ang Espiritu lamang ang makakaalam. Maging ang Anak ng tao Mismo ay hindi nakaaalam, ngunit ikaw ay nakakikita at nakaaalam? Kung may kakayahan kang makaalam at makakita gamit ang iyong sariling mga mata, hindi ba't ang pagbigkas ng mga salitang ito ay mawawalan ng kabuluhan?

At ano ang sinabi ni Jesus nang panahong iyon? “Ngunit tungkol sa araw at oras na iyon walang taong makaaalam, kahit ang mga anghel sa langit, kahit ang Anak, kundi ang Aking Ama lamang. At tulad noong panahon ni Noe, magiging ganito rin ang pagparito ng Anak ng tao. ... Kaya nga kayo’y magsihanda rin; sapagkat darating ang Anak ng tao sa oras na hindi ninyo naiisip.” Kapag dumating na ang araw na iyon, mismong ang Anak ng tao ay hindi ito malalaman. Ang Anak ng tao ay tumutukoy sa nagkatawang-taong anyo ng Diyos, na isang normal at karaniwang tao. Maging ang Anak ng tao Mismo ay hindi alam, kaya paano mo malalaman? Sinabi ni Jesus na Siya ay darating kung paano Siya umalis. Kung kailan Siya darating, maging Siya Mismo ay hindi nakaaalam, kaya maaari ba Niyang ipaalam sa iyo nang mas maaga? Nakikita mo ba ang Kanyang pagdating? Hindi ba iyon isang biro? Sa tuwing darating ang Diyos sa lupa, binabago Niya ang Kanyang pangalan, ang Kanyang kasarian, ang Kanyang larawan, at ang Kanyang gawain; hindi Niya inuulit ang Kanyang gawain. Siya ay isang Diyos na laging bago at hindi kailanman luma. Nang dumating Siya noon, tinawag Siyang Jesus; maaari pa rin ba Siyang tawaging Jesus sa oras na ito ng Kanyang pagbalik? Nang dumating Siya noon, Siya ay isang lalaki; maaari ba Siyang maging lalaki muli ngayon? Ang Kanyang gawain nang Siya ay pumarito noong Kapanahunan ng Biyaya ay ang maipako sa krus; pagdating Niyang muli, maaari ba Niyang tubusing muli ang sangkatauhan mula sa kasalanan? Maaari ba Siyang ipakong muli sa krus? Hindi ba’t iyon ay pag-uulit lamang ng Kanyang gawain? Hindi mo ba alam na ang Diyos ay palaging bago at hindi kailanman luma? Mayroong mga nagsasabi na ang Diyos ay hindi nagbabago. Ito ay tama, ngunit ito ay tumutukoy sa di-nagbabagong diwa at disposisyon ng Diyos. Ang mga nagbabago sa Kanyang pangalan at gawain ay hindi nagpapatunay na ang Kanyang diwa ay nagbago; sa madaling salita, ang Diyos ay palaging magiging Diyos, at hindi ito kailanman nagbabago. Kung sinasabi mo na hindi nagbabago ang gawain ng Diyos, matatapos ba Niya ang Kanyang anim na libong taong plano ng pamamahala? Ang alam mo lamang ay hindi nagbabago ang Diyos magpakailanman, ngunit alam mo ba na ang Diyos ay palaging bago at hindi kailanman luma? Kung hindi nagbabago ang gawain ng Diyos, magagawa ba Niyang akayin ang sangkatauhan hanggang sa kasalukuyang panahon? Kung hindi nagbabago ang Diyos, bakit nagawa na Niya ang gawain sa dalawang kapanahunan? Ang Kanyang gawain ay hindi tumitigil sa pagsulong, na ang ibig sabihin ay unti-unti Niyang ibinubunyag sa tao ang Kanyang disposisyon, at ang naibubunyag ay ang Kanyang likas na disposisyon. Sa simula, ang disposisyon ng Diyos ay nakatago mula sa mga tao, hindi Niya kailanman tuwirang ibinunyag ang Kanyang disposisyon sa tao, at sadyang walang kaalaman ang tao tungkol sa Kanya. Dahil dito, ginagamit Niya ang Kanyang gawain upang unti-unting ibunyag ang Kanyang disposisyon sa tao, ngunit ang pagkilos sa ganitong pamamaraan ay hindi nangangahulugan na ang Kanyang disposisyon ay nagbabago sa bawat kapanahunan. Hindi ito ang kaso kung saan ang disposisyon ng Diyos ay patuloy na nagbabago dahil ang Kanyang kalooban ay palaging nagbabago. Sa halip, dahil sa ang mga kapanahunan ng Kanyang gawain

ay magkakaiba, ang likas na disposisyon ng Diyos, sa kabuuan nito, ay unti-unti Niyang ibinubunyag sa tao, nang sa gayon ay makilala Siya ng mga tao. Ngunit hindi ito patunay na sa simula ay walang tiyak na disposisyon ang Diyos o kaya ay unti-unting nagbago ang Kanyang disposisyon sa paglipas ng mga kapanahunan—ang ganoong pagkaunawa ay hindi tama. Ibinubunyag ng Diyos sa tao ang Kanyang likas at partikular na disposisyon—kung ano Siya—ayon sa paglipas ng mga kapanahunan; ang gawain sa nag-iisang kapanahunan ay hindi makapagpapahayag ng buong disposisyon ng Diyos. At dahil dito, ang mga salitang “Ang Diyos ay palaging bago at hindi kailanman luma” ay tumutukoy sa Kanyang gawain, at ang mga salitang “Ang Diyos ay hindi nagbabago” ay tungkol sa likas na kung ano ang mayroon ang Diyos at kung ano Siya. Anupaman, hindi mo maaaring ibatay ang anim na libong taong gawain sa iisang punto, o limitahan ito gamit ang mga patay na salita. Ganito ang kahangalan ng tao. Ang Diyos ay hindi kasingpayak ng ipinapalagay ng mga tao, at ang Kanyang gawain ay hindi magtatagal sa isang kapanahunan lamang. Ang pangalang Jehova, halimbawa, ay hindi maaaring laging kumatawan sa pangalan ng Diyos; maaari ding gawin ng Diyos ang Kanyang gawain sa pangalan na Jesus. Isa itong tanda na ang gawain ng Diyos ay laging kumikilos nang pasulong.

Ang Diyos ay palaging Diyos, at hindi Siya kailanman magiging si Satanas; si Satanas ay palaging si Satanas, at hindi ito kailanman magiging Diyos. Ang karunungan ng Diyos, ang Kanyang pagiging kamangha-mangha, ang Kanyang katuwiran, at ang Kanyang pagiging maharlika ay hindi kailanman magbabago. Ang Kanyang diwa at kung ano ang mayroon Siya at kung ano Siya ay hindi kailanman magbabago. Subalit, ang Kanyang gawain ay palaging kumikilos nang pasulong, laging lumalalim, dahil ang Diyos ay palaging bago at hindi kailanman luma. Sa bawat kapanahunan ay nagkakaroon ng bagong pangalan ang Diyos, sa bawat kapanahunan ay gumagawa Siya ng bagong gawain, at sa bawat kapanahunan ay hinahayaan Niyang makita ng Kanyang mga nilalang ang bago Niyang kalooban at bagong disposisyon. Kung hindi makikita ng mga tao ang paghahayag ng bagong disposisyon ng Diyos sa bagong kapanahunan, hindi ba nila Siya ipapako magpakailanman sa krus? At sa paggawa nito, hindi ba nila binibigyang kahulugan ang Diyos? Kung ang Diyos ay nagkatawang-tao lamang bilang isang lalaki, ituturing Siya ng mga tao bilang isang lalaki, bilang Diyos ng mga kalalakihan, at hindi Siya kailanman paniniwalaan bilang Diyos ng mga kababaihan. Paniniwalaan ng mga kalalakihan na ang kasarian ng Diyos ay katulad ng kanilang kasarian, na ang Diyos ay ang pinuno ng mga kalalakihan—subalit paano naman ang mga kababaihan? Ito ay hindi makatarungan; hindi ba ito pagtratong may pagtatangi? Kung magkagayunman, lahat silang ililigtas ng Diyos ay mga lalaki na kagaya Niya, at wala ni isang babae ang maliligtas. Nang nilalang ng Diyos ang sangkatauhan, nilikha Niya si Adan at nilikha Niya si Eba. Hindi lamang Niya nilikha si Adan, kundi kapwa ginawa ang lalaki at babae sa Kanyang wangis. Ang Diyos ay hindi lamang Diyos ng mga kalalakihan—Siya ay Diyos din ng mga kababaihan. Ang Diyos ay pumapasok sa isang bagong yugto ng gawain sa

mga huling araw. Ibubunyag Niya ang mas marami pa sa Kanyang disposisyon, at hindi ito ang habag at pag-ibig noong panahon ni Jesus. Dahil mayroon Siyang bagong gawain, ang bagong gawaing ito ay sasabayan ng isang bagong disposisyon. Kaya kung ang gawaing ito ay ginawa ng Espiritu—kung ang Diyos ay hindi nagkatawang-tao, at sa halip ang Espiritu ay nagsalita sa pamamagitan ng kulog upang walang paraan ang tao na makipag-ugnayan sa Kanya, malalaman ba ng tao ang Kanyang disposisyon? Kung ang Espiritu lamang ang gumawa ng gawain, ang tao ay hindi magkakaroon ng paraan na makilala ang Kanyang disposisyon. Maaari lamang makita ng mga tao ang disposisyon ng Diyos sa pamamagitan ng kanilang sariling mga mata kapag Siya ay nagkatawang-tao, kapag ang Salita ay nagpapakita sa katawang-tao, at nagpapahayag ng Kanyang buong disposisyon sa pamamagitan ng katawang-tao. Ang Diyos ay tunay na nabubuhay kasama ng tao. Siya ay nahahawakan; tunay na maaaring makipag-ugnayan ang tao sa Kanyang disposisyon at sa kung anong mayroon at ano Siya; sa ganitong paraan lamang Siya tunay na makikilala ng tao. Kasabay nito, nakumpleto na rin ng Diyos ang gawain kung saan “ang Diyos ay Diyos ng mga kalalakihan at Diyos ng mga kababaihan,” at natamo na ang kabuuan ng Kanyang gawain sa katawang-tao. Hindi Niya inuulit ang gawain sa anumang kapanahunan. Dahil dumating na ang mga huling araw, gagawin Niya ang gawaing ginagawa Niya sa mga huling araw at ibubunyag ang Kanyang buong disposisyon sa mga huling araw. Kapag pinag-uusapan ang mga huling araw, tumutukoy ito sa nakahiwalay na kapanahunan, kung saan sinabi ni Jesus na tiyak kayong makararanas ng sakuna, at makararanas ng mga lindol, taggutom, at mga salot, na magpapakita na ito ay isang bagong kapanahunan at hindi na ang dating Kapanahunan ng Biyaya. Kung, katulad ng sinasabi ng mga tao, ang Diyos ay hindi kailanman nagbabago, ang Kanyang disposisyon ay laging mahabagin at mapagmahal, na mahal Niya ang tao gaya ng pagmamahal Niya sa Kanyang sarili, at naghahandog Siya ng kaligtasan sa bawat tao at hindi kailanman kinasusuklaman ang tao, matatapos ba ang Kanyang gawain? Nang dumating si Jesus at ipinako sa krus, at inialay Niya ang Kanyang sarili para sa lahat ng makasalanan at inihandog ang Kanyang sarili sa altar, naisakatuparan na Niya ang gawain ng pagtubos at naihatid na ang Kapanahunan ng Biyaya sa katapusan nito. Kaya ano ang magiging saysay ng pag-uulit sa gawain ng kapanahunang iyon sa mga huling araw? Hindi ba’t ang paggawa ng parehong bagay ay pagtanggì sa gawain ni Jesus? Kung hindi ginawa ng Diyos ang gawain ng pagpapapako sa krus noong Siya ay dumating sa yugtong ito, kundi nanatiling mahabagin at mapagmahal, madadala ba Niya ang kapanahunang ito sa katapusan? Mawawakasan ba ng isang mahabagin at mapagmahal na Diyos ang kapanahunang ito? Sa panghuli Niyang gawain ng pagwawakas sa kapanahunan, ang disposisyon ng Diyos ay isang pagkastigo at paghatol, kung saan inihahayag Niya ang lahat ng di-matuwid, upang hayagang hatulan ang lahat ng tao, at gawing perpekto ang mga nagmamahal nang tapat sa Kanya. Ang ganitong disposisyon lamang ang makapagwawakas sa kapanahunang ito. Dumating na ang mga huling araw. Lahat ng bagay na nilikha ay pagbubukud-bukurin ayon sa uri nila,

at hahatiin sa iba't ibang kategorya ayon sa kanilang kalikasan. Ito ang sandali na ibubunyag ng Diyos ang kalalabasan at hantungan ng sangkatauhan. Kung hindi sasailalim sa pagkastigo at paghatol ang mga tao, walang paraan para mailantad ang kanilang pagsuway at pagiging di-matuwid. Sa pamamagitan lamang ng pagkastigo at paghatol mahahayag ang kalalabasan ng lahat ng nilikha. Ipinapakita lamang ng tao ang kanyang tunay na kulay kapag siya ay kinakastigo at hinahatulan. Ang masasama ay isasama sa masasama, ang mabubuti sa mabubuti, at ang buong sangkatauhan ay pagbubukud-bukurin ayon sa kanilang uri. Sa pamamagitan ng pagkastigo at paghatol, ang kalalabasan ng lahat ng nilikha ay mahahayag, para maparusahan ang masasama at magantimpalaan ang mabubuti, at lahat ng tao ay sasailalim sa pamamahala ng Diyos. Ang buong gawaing ito ay kailangang magawa sa pamamagitan ng matuwid na pagkastigo at paghatol. Dahil umabot na sa sukdulan ang katiwalian ng tao at napakalala na ng kanyang pagsuway, ang matuwid na disposisyon lamang ng Diyos, na pangunahing pinagsama ng pagkastigo at paghatol at inihahayag sa mga huling araw, ang ganap na babago at bubuo sa tao. Ang disposisyong ito lamang ang makapaglalantad sa kasamaan at sa gayon ay makapagbibigay nang matinding parusa sa lahat ng hindi matuwid. Samakatuwid, ang disposisyong tulad nito ay puno ng kahalagahan ng kapanahunan, at ang pagpapahayag at pagpapakita ng Kanyang disposisyon ay ipinamamalas para sa kapakanan ng gawain sa bawat bagong kapanahunan. Hindi sa ibinubunyag ng Diyos ang Kanyang disposisyon nang gayon-gayon na lamang at nang walang kabuluhan. Ipagpalagay na sa pagbubunyag ng kalalabasan ng tao sa mga huling araw, igagawad pa rin ng Diyos sa tao ang walang-hanggang awa at pagmamahal at patuloy na magiging mapagmahal sa mga tao, hindi isasailalim ang tao sa matuwid na paghatol kundi magpapakita sa kanya ng pagpaparaya, pagtitiis, at pagpapatawad, at papatawarin ang tao gaano man katindi ang mga kasalanan niya, nang wala ni katiting na matuwid na paghatol; kailan kung gayon magwawakas ang buong pamamahala ng Diyos? Kailan magagawang mapangunahan ng ganitong disposisyon ang mga tao patungo sa nararapat na hantungan ng sangkatauhan? Gawing halimbawa, ang isang hukom na laging mapagmahal, may maamong mukha at magiliw na puso. Mahal niya ang mga tao anuman ang kanilang mga nagawang krimen, at siya ay mapagmahal at mapagparaya sa sinumang tao. Kung gayon, kailan siya makaaabot sa isang makatwirang hatol? Sa mga huling araw, ang matuwid na paghatol lamang ang makapaghihiwalay sa tao ayon sa kanilang uri at makapagdadala sa tao sa isang bagong kaharian. Sa ganitong paraan, ang buong kapanahunan ay dadalhin sa katapusan sa pamamagitan ng matuwid na disposisyon ng paghatol at pagkastigo ng Diyos.

Ang gawain ng Diyos sa kabuuan ng Kanyang pamamahala ay lubos na malinaw: Ang Kapanahunan ng Biyaya ay ang Kapanahunan ng Biyaya, at ang mga huling araw ay ang mga huling araw. Mayroong malilinaw na pagkakaiba sa pagitan ng bawat kapanahunan, dahil sa bawat kapanahunan ay nagsasagawa ang Diyos ng gawain na kumakatawan sa kapanahunang iyon. Para magawa ang gawain sa mga huling araw,

dapat ay may pagsunog, paghatol, pagkastigo, poot, at pagwasak upang matapos na ang kapanahunan. Ang mga huling araw ay tumutukoy sa pangwakas na kapanahunan. Sa pangwakas na kapanahunan, hindi ba't tatapusin ng Diyos ang kapanahunan? Upang mawakasan ang kapanahunan, dapat dalhin ng Diyos ang pagkastigo at paghatol kasama Niya. Tanging sa ganitong paraan Niya mawawakasan ang kapanahunan. Ang layon ni Jesus ay upang magpatuloy ang tao sa pag-iral, pamumuhay, at upang umiral siya sa mas maayos na paraan. Iniligtas Niya ang tao mula sa kasalanan nang sa gayon ay tumigil ang tao sa paglusong sa kasamaan at hindi na mamuhay pa sa Hades at impierno, at sa pagligtas sa tao mula sa Hades at impierno, tinulutan Niyang magpatuloy na mabuhay ang tao. Ngayon, ang mga huling araw ay dumating na. Lilipulin ng Diyos ang tao at wawasakin nang lubusan ang lahi ng tao, na nangangahulugang babaguhin Niya ang paghihimagsik ng sangkatauhan. Dahil dito, magiging imposible, sa mahabagin at mapagmahal na disposisyon sa nakaraan, na wakasan ng Diyos ang kapanahunan o maisakatuparan ang Kanyang anim na libong taong plano ng pamamahala. Ang bawat kapanahunan ay nagtatampok ng natatanging pagkatawan sa disposisyon ng Diyos, at ang bawat kapanahunan ay naglalaman ng gawain na dapat isagawa ng Diyos. Kaya, ang gawaing ginagawa ng Diyos Mismo sa bawat kapanahunan ay naglalaman ng pagpapahayag ng Kanyang tunay na disposisyon, at ang Kanyang pangalan at ang isinasagawa Niyang gawain ay parehong nagbabago kasabay ng kapanahunan—ang lahat ng ito ay bago. Sa Kapanahunan ng Kautusan, ang gawain ng paggabay sa sangkatauhan ay isinagawa sa pangalan ni Jehova, at ang unang yugto ng gawain ay sinimulan sa lupa. Ang gawain sa yugtong ito ay ang magtatag ng templo at dambana, at ang gamitin ang kautusan upang gabayan ang mga tao sa Israel at gumawa sa kalagitnaan nila. Sa pamamagitan ng paggabay sa mga tao sa Israel, Siya ay naglunsad ng himpilan para sa Kanyang gawain sa lupa. Mula sa himpilang ito, pinalawak Niya ang Kanyang gawain hanggang sa labas ng Israel, na ibig sabihin, mula sa Israel, pinalawak Niya ang Kanyang gawain palabas, kaya ang mga sumunod na salinlahi ay unti-unting nalaman na si Jehova ang Diyos, at si Jehova ang lumikha ng kalangitan at lupa at lahat ng bagay, at na si Jehova ang lumikha ng lahat ng nilalang. Ipinalaganap Niya ang Kanyang gawain sa mga tao sa Israel, palabas sa kanila. Ang lupain ng Israel ang unang banal na lugar ng gawain ni Jehova sa lupa, at sa lupain ng Israel unang gumawa sa lupa ang Diyos. Iyon ang gawain sa Kapanahunan ng Kautusan. Noong Kapanahunan ng Biyaya, si Jesus ang Diyos na nagligtas sa tao. Kung anong mayroon ang Diyos at kung ano Siya ay biyaya, pag-ibig, awa, pagtitiis, tiyaga, kababaang-loob, pag-aalaga, at pagpaparaya, at napakarami sa gawaing Kanyang isinagawa ay para sa kapakanan ng pagtubos sa tao. Ang Kanyang disposisyon ay isa ng awa at pagmamahal, at dahil Siya ay maawain at mapagmahal, kinailangan Niyang maipako sa krus para sa tao, nang sa gayon ay maipakita na minahal ng Diyos ang tao gaya ng Kanyang sarili, hanggang sa puntong inialay Niya ang Kanyang sarili sa Kanyang kabuuan. Sa Kapanahunan ng Biyaya, ang pangalan ng Diyos ay Jesus, na nangangahulugan na ang Diyos ay ang

Diyos na nagliligtas sa tao, at Siya ay isang maawain at mapagmahal na Diyos. Kasama ng tao ang Diyos. Ang Kanyang pagmamahal, ang Kanyang awa, at ang Kanyang pagliligtas ay kapiling ng bawat tao. Ang tao ay nagawa lang magkamit ng kapayapaan at kagalakan, makatanggap ng Kanyang pagpapala, makatanggap ng Kanyang marami at malawak na biyaya, at makatanggap ng Kanyang pagliligtas sa pamamagitan ng pagtanggap sa pangalan ni Jesus at ng Kanyang presensya. Sa pamamagitan ng pagkakapako ni Jesus sa krus, ang lahat ng sumunod sa Kanya ay nakatanggap ng pagliligtas at pinatawad sa kanilang mga kasalanan. Sa Kapanahunan ng Biyaya, ang pangalan ng Diyos ay Jesus. Sa madaling salita, ang gawain ng Kapanahunan ng Biyaya ay isinagawa pangunahin sa pangalan ni Jesus. Sa Kapanahunan ng Biyaya, ang Diyos ay tinawag na Jesus. Gumawa Siya ng yugto ng bagong gawain na higit pa sa Lumang Tipan, at ang Kanyang gawain ay nagtapos sa pagpapapako sa krus. Ito ang kabuuan ng Kanyang gawain. Samakatuwid, sa Kapanahunan ng Kautusan, Jehova ang pangalan ng Diyos, at sa Kapanahunan ng Biyaya, ang pangalan ni Jesus ang kumatawan sa Diyos. Sa mga huling araw, ang Kanyang pangalan ay Makapangyarihang Diyos—ang Makapangyarihan sa lahat, na gumagamit sa Kanyang kapangyarihan upang gabayan ang tao, lupigin ang tao at makamit ang tao, at sa huli, wakasan ang kapanahunan. Sa bawat kapanahunan, sa bawat yugto ng Kanyang gawain, ang disposisyon ng Diyos ay malinaw na makikita.

Sa pasimula, ang paggabay sa tao sa Kapanahunan ng Kautusan ng Lumang Tipan ay kagaya ng paggabay sa pamumuhay ng isang bata. Ang pinakaunang sangkatauhan ay bagong silang kay Jehova; sila ang mga Israelita. Hindi nila nauunawaan kung paano igalang ang Diyos o mabuhay sa lupa. Na ang ibig sabihin, nilikha ni Jehova ang sangkatauhan, iyon ay, nilikha Niya si Adan at si Eba, ngunit hindi Niya sila binigyan ng kakayahan na maunawaan kung paano igalang si Jehova o kung paano sundin ang mga batas ni Jehova sa lupa. Kung wala ang tuwirang paggabay ni Jehova, walang sinuman ang makaaalam nito nang tuwiran, sapagkat sa pasimula hindi tinaglay ng tao ang gayong kakayahan. Alam lamang ng tao na si Jehova ay Diyos, pero ganap na walang ideya ang tao kung paano Siya igalang, kung anong uri ng pag-uugali ang matatawag na paggalang sa Kanya, kung sa anong uri ng kaisipan Siya igagalang, o kung ano ang ihahandog sa paggalang sa Kanya. Alam lamang ng tao kung paano tamasahin yaong maaaring tamasahin sa lahat ng bagay na nilikha ni Jehova, ngunit wala ni anumang kamalayan ang tao kung anong uri ng pamumuhay sa lupa ang karapat-dapat sa isang nilalang ng Diyos. Kung walang magtuturo sa kanila, kung walang gagabay sa kanila nang personal, ang sangkatauhang ito ay hindi sana kailanman namuhay ng isang buhay na naaangkop sa sangkatauhan, kundi mabibihag lamang nang palihim ni Satanas. Nilikha ni Jehova ang sangkatauhan, na ibig sabihin, nilikha Niya ang mga ninuno ng sangkatauhan, sina Eba at Adan, ngunit hindi Niya ipinagkaloob sa kanila ang anumang karagdagang talino o karunungan. Bagama't sila ay naninirahan na sa lupa, halos wala silang anumang nauunawaan. At kaya, ang gawain ni Jehova sa paglikha sa

sangkatauhan ay nangalahati pa lamang, at matagal pa bago matapos. Hinubog pa lamang Niya ang isang modelo ng tao mula sa putik at binigyan ito ng Kanyang hininga, nang hindi ipinagkakaloob sa tao ang sapat na kahandaan na igalang Siya. Sa pasimula, wala sa isip ng tao ang igalang Siya, o matakot sa Kanya. Ang alam lamang ng tao ay kung paano makinig sa Kanyang mga salita ngunit mangmang ito sa pangunahing kaalaman para sa pamumuhay sa lupa at sa mga normal na patakaran sa pamumuhay ng tao. At kaya, bagama't nilikha ni Jehova ang lalaki at babae at tinapos ang pitong araw ng proyekto, hindi Niya natapos likhain ang tao sa anumang paraan, sapagkat ang tao ay isa lamang ipa, at walang realidad ng pagiging tao. Ang alam lamang ng tao ay na si Jehova ang lumikha sa sangkatauhan, ngunit walang kamalayan ang tao kung paano sumunod sa mga salita at mga kautusan ni Jehova. At kaya, pagkatapos ng paglikha sa sangkatauhan, ang gawain ni Jehova ay matagal pa bago magtapos. Kinailangan pa Niyang lubusang gabayan ang sangkatauhan na lumapit sa harap Niya, upang magawa nilang mamuhay nang magkakasama sa lupa at igalang Siya, at upang magawa nila, sa tulong ng Kanyang paggabay, na makapasok sa tamang landas ng isang normal na pamumuhay ng tao sa lupa. Sa gayon lamang ganap na natapos ang gawain na pangunahing isinagawa sa pangalan ni Jehova; iyon ay, sa gayon lamang ganap na natapos ang gawain ni Jehova ng paglikha sa mundo. At kaya, yamang nilikha Niya ang sangkatauhan, kinailangan Niyang gabayan ang pamumuhay ng sangkatauhan sa lupa sa loob ng ilang libong taon, upang magawang sumunod ng sangkatauhan sa Kanyang mga atas at mga kautusan, at makibahagi sa lahat ng gawain ng isang normal na pamumuhay ng tao sa lupa. Saka lamang ganap nang natapos ang gawain ni Jehova. Sinimulan Niya ang gawaing ito matapos Niyang likhain ang sangkatauhan at ipinagpatuloy ito hanggang sa panahon ni Jacob, kung kailan ginawa Niya ang labindalawang anak na lalaki ni Jacob na labindalawang tribo ng Israel. Magmula noon, ang lahat ng tao sa Israel ay naging ang lahi ng tao na opisyal Niyang pinangunahan sa lupa, at ang Israel ang naging partikular na lugar sa lupa kung saan Niya ginawa ang Kanyang gawain. Ginawa ni Jehova ang mga taong ito na unang grupo ng mga tao kung kanino Niya opisyal na ginawa ang Kanyang gawain sa lupa, at ginawa Niya ang buong bayan ng Israel na panimulang punto ng Kanyang gawain, ginagamit sila na panimula ng mas dakila pang gawain, upang malaman ng lahat ng taong isinilang mula sa Kanya sa lupa kung paano Siya igalang at mabuhay sa lupa. At kaya, ang mga gawa ng mga Israelita ay naging isang halimbawa para sundan ng mga tao sa mga bayang Hentil, at kung ano ang sinabi sa kalipunan ng mga tao sa Israel ay naging mga salita na diringgin ng mga tao sa mga bayang Hentil. Sapagkat sila ang unang nakatanggap ng mga batas at mga utos ni Jehova, at sila rin ang unang nakaalam kung paano igalang ang mga daan ni Jehova. Sila ang mga ninuno ng lahi ng tao na nakaalam sa mga daan ni Jehova, pati na mga kinatawan ng lahi ng tao na pinili ni Jehova. Nang ang Kapanahunan ng Biyaya ay dumating, hindi na ginabayan ni Jehova ang tao sa ganitong paraan. Ang tao ay nagkasala at iniwan ang sarili niya sa kasalanan, at kaya sinimulan Niyang iligtas ang

tao mula sa kasalanan. Sa ganitong paraan, inusig Niya ang tao hanggang sa ang tao ay ganap nang maligtas mula sa kasalanan. Sa mga huling araw, ang tao ay lumubog na sa gayon katinding kasamaan, na ang gawain sa yugtong ito ay maipatutupad lamang sa pamamagitan ng paghatol at pagkastigo. Sa ganitong paraan lamang maisasakatuparan ang gawain. Ito ang naging gawain sa ilang kapanahunan. Sa madaling salita, ginagamit ng Diyos ang Kanyang pangalan, ang Kanyang gawain, at ang iba't ibang larawan ng Diyos upang hatiin ang mga kapanahunan at lumipat mula sa isa papunta sa isa; kinakatawan ng pangalan ng Diyos at ng Kanyang gawain ang Kanyang kapanahunan at ang Kanyang gawain sa bawat kapanahunan. Kung sakaling palaging pareho ang gawain ng Diyos sa bawat kapanahunan, at Siya ay palaging tinatawag sa parehong pangalan, paano Siya makikilala ng tao? Ang Diyos ay dapat na tawaging Jehova, at maliban sa Diyos na tinatawag na Jehova, ang sinumang tinatawag sa anumang ibang pangalan ay hindi Diyos. Kung hindi, ang Diyos ay maaari lang tawaging Jesus, at bukod sa pangalang Jesus, hindi Siya maaaring tawagin sa iba pang pangalan; maliban kay Jesus, hindi Diyos si Jehova, at ang Makapangyarihang Diyos ay hindi rin Diyos. Naniniwala ang tao na totoo ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat, ngunit ang Diyos ay isang Diyos na kapiling ng tao, at dapat Siyang tawaging Jesus, dahil ang Diyos ay kapiling ng tao. Ang gawin ito ay pagsunod sa doktrina at pagkulong sa Diyos sa isang saklaw. Kaya, sa bawat kapanahunan, ang gawain na isinasagawa ng Diyos, ang pangalan kung saan Siya ay tinatawag, at ang larawang Kanyang ginagamit—ang gawain na Kanyang ginagawa sa bawat yugto hanggang ngayon—ang mga ito ay hindi sumusunod sa iisang alituntunin, at hindi sumasailalim sa anumang limitasyon. Siya ay si Jehova, ngunit Siya rin ay si Jesus, pati na ang Mesiyas, at ang Makapangyarihang Diyos. Ang Kanyang gawain ay maaaring sumailalim sa unti-unting pagbabago, nang may mga katumbas na pagbabago sa Kanyang pangalan. Walang iisang pangalan ang maaaring kumatawan nang ganap sa Kanya, ngunit ang lahat ng pangalan kung saan Siya ay tinatawag ay maaaring kumatawan sa Kanya, at ang gawain na Kanyang isinasagawa sa bawat kapanahunan ay kumakatawan sa Kanyang disposisyon. Ipagpalagay na, kapag dumating ang mga huling araw, ang Diyos na iyong namamasdan ay si Jesus pa rin, Siya ay nakasakay pa nga sa isang puting ulap, at Siya ay nagtataglay pa rin ng anyo ni Jesus, at ang mga salitang Kanyang binibitawan ay ang mga salita pa rin ni Jesus: “Dapat ninyong ibigin ang inyong kapwa na gaya ng inyong sarili, dapat kayong mag-ayuno at manalangin, ibigin ninyo ang inyong mga kaaway katulad ng inyong pagmamahal sa inyong sariling buhay, pagtiisan ninyo ang iba, at maging mapagpasensya at mapagpakumbaba. Kailangan ninyong gawin ang lahat ng bagay na ito bago kayo magiging mga disipulo Ko. At sa paggawa ng lahat ng bagay na ito, maaari kayong pumasok sa Aking kaharian.” Hindi ba’t ito ay nabibilang sa gawain ng Kapanahunan ng Biyaya? Hindi ba’t ang Kanyang sinasabi ay ang daan ng Kapanahunan ng Biyaya? Ano ang inyong mararamdaman kung maririnig ninyo ang mga salitang ito? Hindi ba ninyo mararamdaman na ito ay gawain pa rin ni Jesus? Ito ba’y hindi pag-uulit ng Kanyang

gawain? Makakahanap ba ng kasiyahan ang tao rito? Mararamdaman ninyo na ang gawain ng Diyos ay maaari lamang manatili na katulad nang sa ngayon at hindi na susulong pa. Mayroon lang Siyang limitadong kapangyarihan, at wala nang bagong gawain na isasagawa, at narating na Niya ang hangganan ng Kanyang kapangyarihan. Dalawang libong taon bago ngayon ang Kapanahunan ng Biyaya, at matapos ang dalawang libong taon, ipinapangaral pa rin Niya ang daan ng Kapanahunan ng Biyaya, at pinagsisisi pa rin ang mga tao. Ang mga tao ay magsasabi, “O Diyos, limitado lamang ang Iyong kapangyarihan. Naniwala ako na Ikaw ay napakarunong, ngunit ang alam Mo lamang ay ang pagtitiis at ang inaalala Mo lamang ay ang pagpapasensya. Ang alam Mo lang ay ang magmahal sa Iyong kaaway at wala nang iba.” Sa isip ng tao, mananatili ang Diyos magpakailanman na katulad nang sa Kapanahunan ng Biyaya, at ang tao ay laging maniniwala na ang Diyos ay mahabagin at mapagmahal. Sa tingin mo ba ang gawain ng Diyos ay laging lalakad sa dating lupain? Kaya, sa yugtong ito ng Kanyang gawain, hindi Siya ipapako sa krus, at ang lahat ng inyong nakikita at nahahawakan ay hindi magiging katulad ng anumang inyong naisip o narinig na sabihin. Sa kasalukuyan, ang Diyos ay hindi nakikisalamuha sa mga Pariseo, ni tinutulutan ang mundo na makaalam, at kayo lamang na mga sumusunod sa Kanya ang nakakikilala sa Kanya, sapagkat hindi na Siya muling ipapako sa krus. Sa Kapanahunan ng Biyaya, hayagang nangaral si Jesus sa buong bayan para sa kapakanan ng Kanyang gawain ng ebanghelyo. Nakisalamuha Siya sa mga Pariseo para sa kapakanan ng gawain ng pagpapapako sa krus; kung hindi Siya nakisalamuha sa mga Pariseo at yaong mga nasa kapangyarihan ay hindi kailanman nakaalam tungkol sa Kanya, paano mangyayari na Siya ay kinondena, at pagkatapos ay ipinagkanulo at ipinako sa krus? At kaya, nakisalamuha Siya sa mga Pariseo para sa kapakanan ng pagpapapako sa krus. Sa kasalukuyan, ginagawa Niya ang Kanyang gawain nang palihim para maiwasan ang tukso. Ang gawain, kahalagahan, at pinangyarihan ng dalawang pagkakatawang-tao ng Diyos ay magkakaiba, kaya paanong ganap na magkakapareho ang gawain na Kanyang ginagawa?

Ang pangalang Jesus ba—“Diyos na kasama natin”—ay maaaring kumatawan sa buong disposisyon ng Diyos? Maaari ba nitong malinaw na maipaliwanag ang Diyos? Kung ang tao ay nagsasabi na ang Diyos ay maaari lang tawaging Jesus, at hindi maaaring magkaroon ng iba pang pangalan dahil hindi maaaring baguhin ng Diyos ang Kanyang disposisyon, ang mga salitang iyon ay talagang kalapastanganan sa Diyos! Naniniwala ka bang ang pangalang Jesus, Diyos na kasama natin, ay maaaring mag-isang kumatawan sa Diyos sa Kanyang kabuuan? Maaaring tawagin sa iba’t ibang pangalan ang Diyos, ngunit sa mga pangalang ito, walang kahit isa ang makakayang lumagom sa kabuuan ng Diyos, walang kahit isa na maaaring lubos na kumatawan sa Diyos. At kaya, maraming pangalan ang Diyos, ngunit ang mga pangalang ito ay hindi maaaring ganap na maipahayag ang disposisyon ng Diyos, dahil ang disposisyon ng Diyos ay napakasagana at lumalampas sa kakayahan ng tao na kilalanin Siya. Walang paraan ang tao, gamit ang wika ng tao, na ganap na mabuod ang Diyos. Ang tao ay

mayroon lamang limitadong talasalitaan na magagamit upang ibuod ang lahat ng kanyang nalalaman tungkol sa disposisyon ng Diyos: dakila, iginagalang, mahiwaga, hindi maarok, pinakamataas, banal, matuwid, marunong, at iba pa. Napakaraming salita! Ang limitadong talasalitaang ito ay walang kakayahan na mailarawan kung gaano kaliit ang nasaksihan ng tao sa disposisyon ng Diyos. Kinalaunan, maraming tao ang nagdagdag ng mga salita na sa tingin nila ay mas mahusay na makapaglalarawan ng alab sa kanilang mga puso: Ang Diyos ay napakadakila! Ang Diyos ay napakabanal! Ang Diyos ay lubhang kaibig-ibig! Sa kasalukuyan, ang mga kasabihan ng tao kagaya nito ay umabot na sa kanilang sukdulan, ngunit ang tao ay wala pa ring kakayahan na malinaw na maipahayag ang sarili niya. At kaya, para sa tao, ang Diyos ay mayroong maraming pangalan, ngunit wala Siyang isang pangalan, at iyon ay sapagkat ang Kanyang pagiging Diyos ay masyadong masagana, at ang wika ng tao ay masyadong salat. Ang isang partikular na salita o pangalan ay walang kakayahan na kumatawan sa Diyos sa Kanyang kabuuan, kaya sa tingin mo ba ay maaaring gawing permanente ang Kanyang pangalan? Ang Diyos ay napakadakila at napakabanal, ngunit hindi mo Siya hahayaang magpalit ng Kanyang pangalan sa bawat bagong kapanahunan? Samakatuwid, sa bawat kapanahunan na personal na isinasagawa ng Diyos ang Kanyang sariling gawain, gumagamit Siya ng isang pangalan na naaangkop sa kapanahunan upang lagumin ang gawain na Kanyang balak gawin. Ginagamit Niya ang partikular na pangalang ito, isa na nagtataglay ng pansamantalang kahalagahan, upang kumatawan sa Kanyang disposisyon sa kapanahunang iyon. Ito ang paggamit ng Diyos ng wika ng tao upang ipahayag ang Kanyang sariling disposisyon. Gayunpaman, maraming tao na nagkaroon na ng mga karanasang espirituwal at personal nang nakita ang Diyos ang nakakaramdam pa rin na ang partikular na pangalan na ito ay walang kakayahang kumatawan sa Diyos sa Kanyang kabuuan—sa kasamaang palad, hindi ito mapipigilan—kaya hindi na tinatawag ng tao ang Diyos sa anumang pangalan, kundi basta na lamang Siyang tinatawag na “Diyos.” Ang puso ng tao ay parang puno ng pag-ibig, ngunit mukhang naliligiran din ito ng mga pagkakasalungatan, dahil hindi alam ng tao kung paano ipaliwanag ang Diyos. Kung ano ang Diyos ay napakasagana, na talagang walang paraan para ilarawan ito. Walang nag-iisang pangalan na kayang ibuod ang disposisyon ng Diyos, at walang nag-iisang pangalan na kayang maglarawan ng lahat ng kung anong mayroon at kung ano ang Diyos. Kung may magtatanong sa Akin, “Ano ba talaga ang pangalang ginagamit Mo?” Sasabihin Ko sa kanila, “ang Diyos ay Diyos!” Hindi ba iyan ang pinakamainam na pangalan para sa Diyos? Hindi ba iyan ang pinakamainam na paglagom sa disposisyon ng Diyos? Kaya bakit kayo gumugugol ng napakatinding pagsisikap sa paghahanap sa pangalan ng Diyos? Bakit kayo mag-iisip nang napakatindi, nang hindi kumakain at natutulog, para lamang sa isang pangalan? Darating ang araw na ang Diyos ay hindi na tatawaging Jehova, Jesus, o ang Mesiyas—Siya ay tatawagin na lamang na Lumikha. Sa oras na iyon, ang lahat ng mga pangalan na Kanyang ginamit sa lupa ay magtatapos, dahil ang Kanyang gawain sa lupa ay nagtapos na, pagkatapos

nito, wala na Siyang pangalan. Kapag ang lahat ng bagay ay napasailalim na sa pamamahala ng Lumikha, bakit Niya kakailanganing magkaroon ng labis na naaangkop ngunit hindi ganap na pangalan? Hinahanap mo pa rin ba ang pangalan ng Diyos ngayon? Nangangahas ka pa rin bang sabihin na ang Diyos ay tinatawag lang na Jehova? Nangangahas ka pa rin bang sabihin na ang Diyos ay matatawag lang na Jesus? Matitiis mo ba ang kasalanan ng paglapastangan sa Diyos? Dapat mong malaman na ang Diyos sa simula ay walang pangalan. Gumamit lang Siya ng isa o dalawa, o maraming pangalan dahil mayroon Siyang gawaing kailangang isagawa at kailangan Niyang pamahalaan ang sangkatauhan. Anumang pangalan ang itinatawag sa Kanya, hindi ba't ito ay Kanyang pinili nang malaya? Kakailanganin ka ba Niya—na isa sa Kanyang mga nilalang—na pagpasyahan ito? Ang pangalan kung saan tinatawag ang Diyos ay umaayon sa kung ano ang kayang maunawaan ng tao, sa wika ng tao, ngunit ang pangalang ito ay hindi isang bagay na kayang lagumin ng tao. Maaari mo lang sabihin na mayroong Diyos sa langit, na Siya ay tinatawag na Diyos, na Siya ang Diyos Mismo na may dakilang kapangyarihan, na napakarunong, napakadakila, labis na kamangha-mangha, labis na mahiwaga, at labis na makapangyarihan sa lahat, at pagkatapos ay wala ka nang masasabi pang iba; iyon lang katiting na iyon ang kaya mong malaman. Dahil dito, maaari bang kumatawan ang pangalan lang na Jesus sa Diyos Mismo? Kapag dumating na ang mga huling araw, kahit na ang Diyos pa rin ang nagsasagawa ng Kanyang gawain, kailangang magbago ang Kanyang pangalan, dahil ito ay panibagong kapanahunan na.

Yamang ang Diyos ang pinakadakila sa buong sansinukob at sa ibabaw nito, lubos ba Niyang maipaliliwanag ang Kanyang Sarili gamit ang larawan ng isang katawang-tao? Ibinihis ng Diyos sa Kanyang Sarili ang katawang-taong ito para gawin ang isang yugto ng Kanyang gawain. Walang partikular na kahulugan sa larawang ito ng katawang-tao, wala itong kaugnayan sa paglipas ng mga kapanahunan, ni wala ring anumang kinalaman sa disposisyon ng Diyos. Bakit hindi hinayaan ni Jesus na manatili ang Kanyang larawan? Bakit hindi Niya hinayaan ang tao na iguhit ang Kanyang larawan para ito ay maipasa sa susunod na mga salinlahi? Bakit hindi Niya pinahintulutan ang mga tao na kilalanin na ang Kanyang larawan ay ang larawan ng Diyos? Bagama't ang larawan ng tao ay nilikha sa larawan ng Diyos, magiging posible bang katawanin ng anyo ng tao ang marangal na larawan ng Diyos? Kapag ang Diyos ay nagkakatawang-tao, bumababa lamang Siya mula sa langit patungo sa isang partikular na katawang-tao. Ang Kanyang Espiritu ang bumababa sa isang katawang-tao, sa pamamagitan nito Niya ginagawa ang gawain ng Espiritu. Ang Espiritu ang ipinapahayag sa katawang-tao, at ang Espiritu ang gumagawa ng Kanyang gawain sa katawang-tao. Lubos na kinakatawan ng gawaing ginawa sa katawang-tao ang Espiritu, at ang katawang-tao ay para sa kapakanan ng gawain, ngunit hindi iyon nangangahulugan na ang larawan ng katawang-tao ay maaaring ipalit sa tunay na larawan ng Diyos Mismo; hindi ito ang layunin at kahalagahan ng Diyos na nagkakatawang-tao. Siya ay nagiging tao para lamang

magkaroon ang Espiritu ng isang lugar na matitirhan na angkop sa Kanyang paggawa, upang mas mabuti Niyang matamo ang Kanyang gawain sa katawang-tao, upang makita ng mga tao ang Kanyang mga gawa, maunawaan ang Kanyang disposisyon, mapakinggan ang Kanyang mga salita, at malaman ang hiwaga ng Kanyang gawain. Kinakatawan ng Kanyang pangalan ang Kanyang disposisyon, kinakatawan ng Kanyang gawain ang Kanyang pagkakakilanlan, ngunit hindi Niya kailanman sinabi na kinakatawan ng Kanyang anyo sa katawang-tao ang Kanyang larawan; yaon ay isa lamang kuru-kuro ng tao. At kaya, ang pinakamahahalagang aspeto ng pagkakatawang-tao ng Diyos ay ang Kanyang pangalan, ang Kanyang gawain, ang Kanyang disposisyon, at ang Kanyang kasarian. Ginagamit ang mga ito upang kumatawan sa Kanyang pamamahala sa kapanahunang ito. Ang Kanyang anyo sa katawang-tao ay walang kinalaman sa Kanyang pamamahala, at para lamang sa kapakanan ng Kanyang gawain sa panahong yaon. Ngunit imposible para sa Diyos na nagkatawang-tao na hindi magkaroon ng partikular na anyo, at kaya pinipili Niya ang angkop na pamilya upang pagpasyahan ang Kanyang anyo. Kung ang anyo ng Diyos ay mayroong kinatawang kabuluhan, ang lahat ng nagtataglay ng mga katangian ng mukha na kapareho ng sa Kanya ay kakatawan din sa Diyos. Hindi ba iyon isang napakalaking pagkakamali? Ang larawan ni Jesus ay iginuhit ng tao upang ang tao ay maaaring sumamba sa Kanya. Sa panahong iyon, walang natatanging mga tagubilin na ibinigay ang Banal na Espiritu, at kaya ipinasa ng tao ang naguni-guning larawang iyon hanggang sa kasalukuyan. Sa katunayan, alinsunod sa orihinal na layunin ng Diyos, hindi ito dapat ginawa ng tao. Tanging ang sigasig ng tao ang naging sanhi na manatili ang larawan ni Jesus hanggang sa kasalukuyan. Ang Diyos ay Espiritu, at hindi kailanman magagawa ng tao na malagom kung ano ang Kanyang larawan sa huling pagsusuri. Ang Kanyang larawan ay maaari lamang katawanin ng Kanyang disposisyon. Hindi mo magagawang malagom ang anyo ng Kanyang ilong, ng Kanyang bibig, ng Kanyang mga mata, at ng Kanyang buhok. Nang dumating ang paghahayag kay Juan, nakita niya ang larawan ng Anak ng tao: Mula sa Kanyang bibig ay may isang matalas na espada na mayroong magkabilang talim, ang Kanyang mga mata ay kagaya ng ningas ng apoy, ang Kanyang ulo at buhok ay puting kagaya ng lana, ang Kanyang mga paa ay parang pinakintab na tanso, at mayroong isang ginintuang laso na nakapalibot sa Kanyang dibdib. Bagama't ang Kanyang mga salita ay napakatingkad, ang larawan ng Diyos na kanyang inilarawan ay hindi ang larawan ng isang nilalang. Ang kanyang nakita ay isang pangitain lamang, at hindi ang larawan ng isang tao mula sa materyal na mundo. Si Juan ay nakakita ng isang pangitain, ngunit hindi niya nasaksihan ang tunay na anyo ng Diyos. Ang larawan ng nagkatawang-taong laman ng Diyos, yamang larawan ng isang nilikha, ay walang kakayahan na kumatawan sa disposisyon ng Diyos sa kabuuan nito. Nang nilikha ni Jehova ang sangkatauhan, Kanyang sinabi na Kanyang ginawa ito sa Kanyang larawan at nilikha ang lalaki at babae. Sa panahong iyon, Kanyang sinabi na Kanyang ginawa ang lalaki at babae sa larawan ng Diyos. Bagama't ang larawan ng tao ay nakakahawig

ng larawan ng Diyos, hindi ito maaaring ipakahulugan na ang anyo ng tao ay ang larawan ng Diyos. Hindi mo rin maaaring gamitin ang wika ng tao upang ganap na ibuod ang larawan ng Diyos, sapagkat ang Diyos ay napakarangal, napakadakila, napakahiwaga at hindi maaarok!

Nang dumating si Jesus upang isagawa ang Kanyang gawain, ito ay sa ilalim ng gabay ng Banal na Espiritu; ginawa Niya ang kagustuhan ng Banal na Espiritu, at ito ay hindi ayon sa Kapanahunan ng Kautusan sa Lumang Tipan o ayon sa gawain ni Jehova. Bagama't ang gawain na isinagawa ni Jesus ay hindi para sumunod sa mga batas ni Jehova o sa mga kautusan ni Jehova, ang Kanilang pinagmulan ay iisa at pareho lang. Ang gawain na isinagawa ni Jesus ay kumatawan sa pangalan ni Jesus, at kumatawan ito sa Kapanahunan ng Biyaya; para naman sa gawain na isinagawa ni Jehova, ito ay kumatawan kay Jehova, at kumatawan sa Kapanahunan ng Kautusan. Ang Kanilang gawain ay gawain ng isang Espiritu sa dalawang magkaibang kapanahunan. Ang gawain na isinagawa ni Jesus ay maaari lang kumatawan sa Kapanahunan ng Biyaya, at ang gawain na isinagawa ni Jehova ay maaari lang kumatawan sa Kapanahunan ng Kautusan sa Lumang Tipan. Ginabayan lang ni Jehova ang mga tao sa Israel at sa Ehipto, at sa lahat ng bansa sa labas ng Israel. Ang gawain ni Jesus sa Kapanahunan ng Biyaya sa Bagong Tipan ay ang gawain ng Diyos sa pangalan ni Jesus habang Kanyang ginabayan ang kapanahunan. Kung sinasabi mo na ang gawain ni Jesus ay batay sa gawain ni Jehova, na hindi Siya nagsimula ng anumang bagong gawain, at na ang lahat ng Kanyang ginawa ay ayon sa mga salita ni Jehova, ayon sa gawain ni Jehova at mga propesiya ni Isaias, si Jesus ay hindi magiging ang Diyos na naging tao. Kung isinagawa Niya ang Kanyang gawain sa paraang ito, isa sana Siyang apostol o isang manggagawa sa Kapanahunan ng Kautusan. Kung katulad ito ng iyong sinasabi, hindi sana nakapaglunsad ng isang kapanahunan si Jesus, ni nakapagsagawa ng kahit na anong iba pang gawain. Sa parehong paraan, ang Banal na Espiritu ay kailangang pangunahing isagawa ang Kanyang gawain sa pamamagitan ni Jehova, at maliban sa pamamagitan ni Jehova ang Banal na Espiritu ay hindi sana nakapagsagawa ng anumang bagong gawain. Mali para sa tao na maunawaan ang gawain ni Jesus sa ganitong paraan. Kung naniniwala ang tao na ang gawaing isinagawa ni Jesus ay ayon sa mga salita ni Jehova at propesiya ni Isaias, si Jesus ba ay ang Diyos na nagkatawang-tao, o isa ba Siya sa mga propeta? Ayon sa pananaw na ito, hindi magkakaroon ng Kapanahunan ng Biyaya, at si Jesus ay hindi ang pagkatawang-tao ng Diyos, dahil ang gawain na Kanyang isinagawa ay hindi maaaring kumatawan sa Kapanahunan ng Biyaya at maaari lang kumatawan sa Kapanahunan ng Kautusan sa Lumang Tipan. Magkakaroon lamang ng bagong kapanahunan kapag pumarito si Jesus upang gumawa ng bagong gawain, upang maglunsad ng isang bagong kapanahunan, upang isulong ang gawain na isinagawa noon sa Israel, at upang isagawa ang Kanyang gawain hindi ayon sa gawaing isinagawa ni Jehova sa Israel, o sa luma Niyang mga tuntunin, o sa pagsunod sa anumang mga regulasyon, kundi upang isagawa ang bagong gawain na

dapat Niyang gawin. Ang Diyos Mismo ay pumaparito upang ilunsad ang kapanahunan, at pumaparito ang Diyos Mismo upang wakasan ang kapanahunan. Walang kakayahan ang tao na isagawa ang gawain ng pagsisimula ng isang kapanahunan at pagwawakas ng isang kapanahunan. Kung hindi dinala ni Jesus sa pagtatapos ang gawain ni Jehova pagkatapos Niyang dumating, ito ay magpapatunay na Siya ay tao lamang, at walang kakayahang kumatawan sa Diyos. Mismong dahil pumarito si Jesus at winakasan ang gawain ni Jehova, ipinagpatuloy ang gawain ni Jehova at, bukod pa ryan, isinagawa ang Kanyang sariling gawain, na isang bagong gawain, ito ay nagpapatunay na isa itong bagong kapanahunan, at na si Jesus ang Diyos Mismo. Sila ay nagsagawa ng dalawang malinaw na magkaibang yugto ng gawain. Ang isang yugto ay isinagawa sa templo, at ang isa pa ay isinagawa sa labas ng templo. Ang isang yugto ay upang gabayan ang pamumuhay ng tao ayon sa kautusan, at ang isa pa ay upang mag-alay ng handog para sa kasalanan. Ang dalawang yugtong ito ng gawain ay malinaw na magkaiba; ito ang humahati sa bagong kapanahunan mula sa luma, at ganap na tamang sabihin na ang mga ito ay dalawang magkaibang kapanahunan. Ang lokasyon ng Kanilang gawain ay magkaiba, at ang nilalaman ng Kanilang gawain ay magkaiba, at ang layunin ng Kanilang gawain ay magkaiba. Sa gayon, maaaring hatiin ang mga ito sa dalawang kapanahunan: ang Bago at Lumang Tipan, na ibig sabihin, ang bago at ang lumang mga kapanahunan. Nang si Jesus ay dumating hindi Siya nagpunta sa templo, na nagpapatunay na ang kapanahunan ni Jehova ay nagwakas na. Hindi Siya pumasok sa templo sapagkat ang gawain ni Jehova sa templo ay tapos na, at hindi na kailangang gawing muli, at ang gawin itong muli ay pag-uulit nito. Sa pag-alis lamang sa templo, sa pagsisimula ng isang bagong gawain at sa pagbubukas ng isang landas sa labas ng templo, na Kanyang nagawang dalhin ang gawain ng Diyos sa kasukdulan nito. Kung hindi Siya lumabas ng templo upang gawin ang Kanyang gawain, ang gawain ng Diyos ay natigil sana sa mga pundasyon ng templo, at walang magiging anumang mga pagbabago kailanman. At kaya, nang dumating si Jesus, Siya ay hindi pumasok sa templo, at hindi Niya ginawa ang Kanyang gawain sa loob ng templo. Ginawa Niya ang Kanyang gawain sa labas ng templo, at malayang nagpatuloy sa Kanyang gawain nang pinangungunahan ang mga disipulo. Ang pag-alis ng Diyos mula sa templo para gawin ang Kanyang gawain ay nangahulugan na ang Diyos ay mayroong bagong plano. Ang Kanyang gawain ay isasagawa sa labas ng templo, at ito ay magiging bagong gawain na hindi limitado sa paraan ng pagsasagawa nito. Pagdating na pagdating ni Jesus, winakasan Niya ang gawain ni Jehova noong kapanahunan ng Lumang Tipan. Kahit na Sila ay tinatawag sa dalawang magkaibang pangalan, ang parehong yugto ng gawain ay isinagawa ng iisang Espiritu, at ang gawain na isinagawa ay tuluy-tuloy. Dahil iba ang pangalan, at ang nilalaman ng gawain ay iba, ang kapanahunan ay iba rin. Nang dumating si Jehova, iyon ang kapanahunan ni Jehova, at nang dumating si Jesus, iyon ang kapanahunan ni Jesus. At kaya, sa bawat pagdating, ang Diyos ay tinatawag sa isang pangalan, kumakatawan Siya sa isang kapanahunan, at nagbubukas ng isang

bagong daan; at sa bawat bagong daan, Siya ay gumagamit ng bagong pangalan, na nagpapakita na ang Diyos ay laging bago at hindi kailanman luma, at na ang Kanyang gawain ay patuloy na umuunlad pasulong. Ang kasaysayan ay patuloy na sumusulong, at ang gawain ng Diyos ay patuloy na sumusulong. Upang marating ng Kanyang anim na libong taong plano ng pamamahala ang katapusan nito, kailangan nitong patuloy na umunlad pasulong. Kailangan Niyang magsagawa ng bagong gawain sa bawat araw, kailangan Niyang magsagawa ng bagong gawain sa bawat taon; kailangan Niyang magbukas ng mga bagong daan, magbukas ng mga bagong kapanahunan, magsimula ng bago at mas malaking gawain, at kasabay nito, magdala ng mga bagong pangalan at gawain. Ang Espiritu ng Diyos ay palaging gumagawa ng bagong gawain, at hindi kailanman kumakapit sa mga dating pamamaraan o mga patakaran. Ang Kanyang gawain ay hindi rin kailanman tumitigil, kundi lumilipas sa bawat paglipas ng panahon. Kung sinasabi mo na ang gawain ng Banal na Espiritu ay hindi nagbabago, kung gayon bakit inutusan ni Jehova ang mga saserdote na paglingkuran Siya sa templo, ngunit hindi pumasok si Jesus sa templo bagama't ang katunayan ay, nang Siya ay dumating, sinabi rin ng mga tao na Siya ang punong saserdote, at na Siya ay mula sa bahay ni David at ang punong saserdote rin, at ang dakilang Hari? At bakit hindi Siya naghandog ng mga alay? Ang pumasok sa templo o hindi—hindi ba gawain ng Diyos Mismo ang lahat ng ito? Kung, katulad ng ipinapalagay ng tao, si Jesus ay muling darating at tatawagin pa ring Jesus sa mga huling araw, at darating pa rin na nakasakay sa puting ulap, bumababa sa mga tao sa larawan ni Jesus: hindi ba ito isang pag-uulit ng Kanyang gawain? Kaya ba ng Banal na Espiritu na manatili sa luma? Ang lahat ng pinaniniwalaan ng tao ay mga kuru-kuro, at ang lahat ng nauunawaan ng tao ay ayon sa literal na kahulugan, at ayon din sa kanyang likhang-isip; ang mga ito ay hindi tumutugma sa mga prinsipyo ng gawain ng Banal na Espiritu, at hindi umaayon sa mga layunin ng Diyos. Hindi gagawa ang Diyos sa ganoong paraan; hindi hangal at walang utak ang Diyos, at ang Kanyang gawain ay hindi kasingpayak ng iyong iniisip. Ayon sa lahat ng naguguni-guni ng tao, darating si Jesus na nakasakay sa isang ulap at bababa sa kalagitnaan ninyo. Mapagmamasdan ninyo Siya na, sakay ng puting ulap, magsasabi sa inyo na Siya si Jesus. Mapagmamasdan din ninyo ang mga marka ng pako sa Kanyang mga kamay, at inyong malalaman na Siya si Jesus. At kayo ay muli Niyang ililigtas, at Siya ang inyong magiging makapangyarihang Diyos. Kayo ay Kanyang ililigtas, at bibigyan ng bagong pangalan, at ang bawat isa sa inyo ay bibigyan Niya ng isang puting bato, pagkatapos nito, kayo ay pahihintulutan na makapasok sa kaharian ng langit at tatanggapin sa paraiso. Hindi ba't ang mga paniniwalang ito ay mga kuru-kuro ng tao? Gumagawa ba ang Diyos ayon sa mga kuru-kuro ng tao o Siya'y gumagawa nang salungat sa mga kuru-kuro ng tao? Hindi ba't ang lahat ng kuru-kuro ng tao ay nagmumula kay Satanas? Hindi ba't ginawa nang tiwali ni Satanas ang lahat ng tao? Kung ginawa ng Diyos ang Kanyang gawain ayon sa mga kuru-kuro ng tao, hindi ba't Siya ay magiging si Satanas? Hindi ba't magiging kapareho lang Niya ng uri ang mga

nilalang Niya? Dahil ang mga nilalang Niya ay nagawa na ngayong napakatiwali ni Satanas, na ang tao ay naging pagsasakatawan na ni Satanas, kung gagawa ang Diyos ayon sa mga bagay ni Satanas, hindi ba't magiging kakampi Siya ni Satanas? Paano mauunawaan ng tao ang gawain ng Diyos? Kaya, hindi kailanman gagawa ang Diyos ayon sa mga kuru-kuro ng tao, at hindi Siya kailanman gagawa sa mga paraan na iyong ipinapalagay. Mayroong mga nagsasabi na sinabi ng Diyos Mismo na Siya ay darating na nasa ulap. Totoo na sinabi ito ng Diyos Mismo, ngunit hindi mo ba alam na walang tao ang makaaarok sa mga hiwaga ng Diyos? Hindi mo ba alam na walang tao ang makakapagpaliwanag sa mga salita ng Diyos? Ikaw ba ay nakatitiyak nang walang bahid ng pagdududa na binigyang-liwanag at tinanglawan ka ng Banal na Espiritu? Tiyak na hindi sa ipinakita sa iyo ng Banal na Espiritu sa gayong tuwirang paraan? Ang Banal na Espiritu ba ang nagturo sa iyo ng mga ito, o ang mga sarili mong kuru-kuro ang nagdulot sa iyo na isipin ito? Sinabi mo, "Sinabi ito ng Diyos Mismo." Ngunit hindi natin maaaring gamitin ang ating mga sariling kuru-kuro at pag-iisip upang sukatin ang mga salita ng Diyos. Para naman sa mga salita ni Isaias, kaya mo bang ipaliwanag nang may buong katiyakan ang kanyang mga salita? Pinangangahasan mo bang ipaliwanag ang kanyang mga salita? Dahil hindi ka naglalakas-loob na ipaliwanag ang mga salita ni Isaias, bakit ka nangangahas na ipaliwanag ang mga salita ni Jesus? Sino ang mas mataas, si Jesus o si Isaias? Yamang ang sagot ay si Jesus, bakit mo ipinaliliwanag ang mga salita ni Jesus? Sasabihin ba sa iyo ng Diyos ang Kanyang gawain nang pauna? Wala ni isang nilalang ang maaaring makaalam, kahit na ang mga sugo ng langit, ni ang Anak ng tao, kaya paano mo malalaman? Malaki ang kakulangan ng tao. Ang mahalaga sa inyo ngayon ay ang malaman ang tatlong yugto ng gawain. Mula sa gawain ni Jehova hanggang sa gawain ni Jesus, at mula sa gawain ni Jesus hanggang sa gawain sa kasalukuyang yugto, ang tatlong yugtong ito ay sumasaklaw sa kabuuang lawak ng pamamahala ng Diyos, at lahat ng ito ay gawain ng isang Espiritu. Mula nang likhain ang mundo, lagi nang pinamamahalaan ng Diyos ang sangkatauhan. Siya ang Simula at ang Wakas, Siya ang Una at ang Huli, at Siya ang Siyang nagpapasimula ng kapanahunan at Siyang naghahatid sa kapanahunan sa katapusan nito. Ang tatlong yugto ng gawain, sa magkakaibang kapanahunan at lugar, ay tiyak na gawain ng isang Espiritu. Ang lahat ng naghihiwalay sa tatlong yugtong ito ay sumasalungat sa Diyos. Ngayon, dapat mong maunawaan na ang lahat ng gawain mula sa unang yugto hanggang sa ngayon ay ang gawain ng isang Diyos, ang gawain ng isang Espiritu. Ito ay hindi mapag-aalinlanganan.

Tungkol sa Bibliya 1

Paano dapat pag-aralan ang Bibliya sa larangan ng paniniwala sa Diyos? Ito ay isang katanungang may kinalaman sa prinsipyo. Bakit natin pinag-uusapan ang tanong na ito? Dahil ipalalaganap mo ang ebanghelyo at palalawakin ang gawain ng Kapanahunan

ng Kaharian sa hinaharap, at hindi sapat na mapag-usapan lamang ang gawain ng Diyos ngayon. Upang mapalawak ang Kanyang gawain, mas mahalagang malutas mo ang mga lumang kuru-kuro ng mga tao tungkol sa relihiyon at mga lumang paraan para maniwala, at iwan silang lubos na kumbinsido—at ang paghantong sa puntong ito ay kinasasangkutan ng Bibliya. Sa loob ng maraming taon, ang kinaugaliang paraan para maniwala ang mga tao (sa Kristiyanismo, isa sa tatlong pangunahing relihiyon sa mundo) ay ang basahin ang Bibliya. Ang paglihis mula sa Bibliya ay hindi paniniwala sa Panginoon, ang paglihis mula sa Bibliya ay paglihis sa mga panuntunan sa pananampalataya, at maling paniniwala, at kahit na magbasa pa ang mga tao ng ibang mga libro, ang paliwanag sa Bibliya ang dapat na pundasyon ng mga librong ito. Ibig sabihin, kung naniniwala ka sa Panginoon, dapat mong basahin ang Bibliya, at maliban sa Bibliya, hindi ka dapat sumamba sa anumang aklat na walang kinalaman sa Bibliya. Kung ginagawa mo iyon, pinagtataksilan mo ang Diyos. Mula sa panahon ng pagkakaroon ng Bibliya, ang pananalig ng mga tao sa Panginoon ay ang pananalig sa Bibliya. Sa halip na sabihing ang mga tao ay naniniwala sa Panginoon, mas mabuting sabihin na naniniwala sila sa Bibliya; sa halip na sabihing nagsimula na silang magbasa ng Bibliya, mas mabuting sabihing nagsimula na silang maniwala sa Bibliya; at sa halip na sabihing nagbalik na sila sa Panginoon, mas mabuti pang sabihing nagbalik na sila sa Bibliya. Sa ganitong paraan, sinasamba ng mga tao ang Bibliya na para bang ito ang Diyos, na para bang ito ang dugong bumubuhay sa kanila, at ang mawalan nito ay kapareho ng mawalan ng kanilang buhay. Itinuturing ng mga tao ang Bibliya na kasintaas ng Diyos, at mayroon pang ang turing dito ay mas mataas kaysa sa Diyos. Kung wala sa mga tao ang gawain ng Banal na Espiritu, kung hindi nila nadarama ang Diyos, maaari pa rin silang patuloy na mabuhay—ngunit sa sandaling mawala sa kanila ang Bibliya, o mawala ang mga kilalang kabanata at kasabihan mula sa Bibliya, parang nawalan na rin sila ng buhay. At dahil dito, sa sandaling maniwala ang mga tao sa Panginoon, inuumpisahan na nilang basahin ang Bibliya, at kabisaduhin ang Bibliya, at habang mas dumarami ang nakakabisa nila mula sa Bibliya, mas napapatunayan nito na mahal nila ang Panginoon at malaki ang kanilang pananampalataya. Ang lahat ng nakapagbasa na ng Bibliya at nakapagbabahagi nito sa iba ay mabubuting mga kapatid. Sa buong panahong ito, ang pananampalataya at katapatan ng mga tao sa Panginoon ay nasusukat ayon sa lawak ng kanilang pagkaunawa sa Bibliya. Hindi lamang talaga nauunawaan ng karamihan ng mga tao kung bakit kailangan nilang maniwala sa Diyos, o kaya ay paano maniwala sa Diyos, at wala silang ginagawa kundi pikit-matang maghanap ng mga pahiwatig upang maunawaan ang mga kabanata sa Bibliya. Hindi kailanman hinanap ng mga tao ang direksyon ng gawain ng Banal na Espiritu; simula’t sapul, wala silang ginawa kundi desperadong pag-aralan at siyasatin ang Bibliya, at walang sinumang nakahanap ng mas bagong gawain ng Banal na Espiritu na labas sa Bibliya. Walang sinumang lumihis kahit minsan mula sa Bibliya, ni nangahas na gawin ito. Pinag-aralan ng mga tao ang Bibliya sa loob ng napakatagal na panahon, sila ay

nakabuo ng napakaraming paliwanag, at nagbuhos ng napakaraming pagsisikap. Marami rin silang pagkakaiba-iba ng opinyon tungkol sa Bibliya, na walang katapusan nilang pinagtatalunan, kaya nga mahigit pa sa dalawang libong magkakaibang denominasyon na ang nabuo ngayon. Silang lahat ay nagnanais makahanap ng ilang natatanging mga paliwanag, o mas malalalim na mga misteryo sa Bibliya, nais nilang galugarin ito, at makita rito ang impormasyon sa likod ng gawain ni Jehova sa Israel, o impormasyon sa likod ng gawain ni Jesus sa Judea, o karagdagang mga misteryo na walang sinumang nakakaalam. Ang pagturing ng mga tao sa Bibliya ay isang pagkahumaling at pananampalataya, at walang sinuman ang nagbibigay ng ganap na kalinawan tungkol sa nakapaloob na kuwento o diwa ng Bibliya. Kaya ngayon ang mga tao ay mayroon pa ring di-mailarawang diwa ng kahiwagaan pagdating sa Bibliya, at mas nahuhumaling pa sila rito, at nagkakaroon pa nga ng higit na pananalig rito. Ngayon, ang lahat ay nagnanais na mahanap ang mga propesiya ng gawain sa mga huling araw sa Bibliya, nais nilang matuklasan kung anong gawain ang ginagawa ng Diyos sa mga huling araw, at kung anong mga tanda ang naroon sa mga huling araw. Sa ganitong paraan, ang kanilang pagsamba sa Bibliya ay nagiging mas taimtim, at habang mas nalalapit ang mga huling araw, higit na bulag na pananalig ang ibinibigay nila sa mga propesiya sa Bibliya, partikular na sa mga tungkol sa mga huling araw. Sa ganito kabulag na paniniwala sa Bibliya, sa ganitong pagtitiwala sa Bibliya, wala na silang hangad na hanapin ang gawain ng Banal na Espiritu. Sa mga kuru-kuro ng mga tao, iniisip nila na ang Bibliya lamang ang maaaring maghatid ng gawain ng Banal na Espiritu, sa Bibliya lamang nila makikita ang mga yapak ng Diyos, sa Bibliya lamang nakatago ang mga hiwaga ng gawain ng Diyos, ang Bibliya lamang—hindi ang ibang mga aklat o tao—ang makapaglililaw ng lahat tungkol sa Diyos at sa kabuuan ng Kanyang gawain; ang Bibliya ay maaaring maghatid ng gawain ng langit sa lupa; at ang Bibliya ay maaaring kapwa simulan at tapusin ang mga kapanahunan. Sa mga kuru-kuro na ito, wala nang kagustuhan ang mga tao na hanapin ang gawain ng Banal na Espiritu. Kaya, gaano man kalaki ang naging tulong ng Bibliya sa mga tao noong araw, ito ay naging isang balakid sa pinakabagong gawain ng Diyos. Kung wala ang Bibliya, maaaring hanapin ng mga tao ang mga yapak ng Diyos sa ibang lugar, ngunit ngayon, nakapaloob na ang Kanyang mga yapak sa Bibliya, at naging doble ang hirap ng pagpapalawak ng Kanyang pinakabagong gawain, at tila isa itong paakyat na paglalakbay. Lahat ng ito ay dahil sa kilalang mga kabanata at kasabihan mula sa Bibliya, at dahil na rin sa iba't ibang mga propesiya sa Bibliya. Ang Bibliya ay naging diyos-diyosan sa isipan ng mga tao, ito ay naging isang palaisipan sa kanilang mga utak, at sadyang hindi nila kayang paniwalaang makagagawa ang Diyos ng gawaing nasa labas ng Bibliya, hindi nila kayang paniwalaan na matatagpuan ng mga tao ang Diyos nang labas sa Bibliya, at mas lalong hindi nila magawang paniwalaan na maaaring lumihis ang Diyos sa Bibliya sa huling gawain at magsimulang muli. Hindi ito sukat maisip ng mga tao, hindi sila makapaniwala rito, at hindi rin nila ito makita sa kanilang isipan. Ang Bibliya ay naging isa nang malaking

balakid sa pagtanggap ng mga tao sa bagong gawain ng Diyos, at pagpapahirap sa pagpapalawak ng Diyos ng bagong gawaing ito. Kaya kung hindi ninyo nauunawaan ang kuwentong napapaloob sa Bibliya, hindi ninyo matagumpay na maipapalaganap ang ebanghelyo, at hindi kayo makapagpapatotoo sa bagong gawain. Bagama't ngayon ay hindi ninyo binabasa ang Bibliya, magiliw pa rin ang inyong pagtanggap dito, ibig sabihin, maaaring ang Bibliya ay wala sa inyong mga kamay, ngunit marami sa inyong mga kuru-kuro ang nagmumula rito. Hindi ninyo nauunawaan ang pinagmulan ng Bibliya o ang kuwentong napapaloob tungkol sa nakaraang dalawang yugto ng gawain ng Diyos. Kahit na hindi ninyo madalas na binabasa ang Bibliya, dapat ninyong maunawaan ang Bibliya, dapat ninyong matamo ang tamang kaalaman tungkol sa Bibliya, at tanging sa paraang ito ninyo malalaman kung para saan ang anim na libong taong planong pamamahala ng Diyos. Gagamitin ninyo ang mga bagay na ito upang mapaniwala ang mga tao, para kilalanin nila na ang agos na ito ang tunay na daan, para kilalanin nila na ang landas na inyong tinatahak ngayon ay ang landas ng katotohanan, na ginagabayan ito ng Banal na Espiritu, at na hindi pa ito inilulunsad ng sinumang tao.

Matapos gawin ng Diyos ang gawain ng Kapanahunan ng Kautusan, nabuo ang Lumang Tipan, at noon nagsimulang magbasa ng Bibliya ang mga tao. Matapos dumating ni Jesus, ginawa Niya ang gawain ng Kapanahunan ng Biyaya, at isinulat ng Kanyang mga apostol ang Bagong Tipan. Dahil dito ay nabuo ang Luma at Bagong Tipan ng Bibliya, at kahit hanggang ngayon, lahat ng naniniwala sa Diyos ay nagbabasa ng Bibliya. Ang Bibliya ay isang aklat ng kasaysayan. Siyempre, ito rin ay naglalaman ng ilan sa mga propesiya ng mga propeta, at siyempre, ang mga ito ay hindi kabilang sa kasaysayan. Ang Bibliya ay kinabibilangan ng ilang bahagi—hindi lamang propesiya, o gawain lamang ni Jehova, o mga sulat lamang ni Pablo. Kailangan mong malaman kung gaano karami ang mga bahaging napapaloob sa Bibliya. Ang Lumang Tipan ay naglalaman ng Genesis, Exodus..., at mayroon ding mga aklat ng propesiya na isinulat ng mga propeta. Sa huli, ang Lumang Tipan ay nagtatapos sa Aklat ni Malakias. Itinatala nito ang gawain sa Kapanahunan ng Kautusan, na pinamunuan ni Jehova. Mula sa Genesis hanggang sa Aklat ni Malakias, ito ay isang komprehensibong tala ng lahat ng gawain ng Kapanahunan ng Kautusan. Ibig sabihin, ang Lumang Tipan ay tala ng lahat ng karanasan ng tao na ginabayan ni Jehova sa Kapanahunan ng Kautusan. Noong Kapanahunan ng Kautusan sa Lumang Tipan, ang malaking bilang ng mga propeta na ginamit ni Jehova ay nagwika ng mga propesiya para sa Kanya, nagbigay sila ng mga tagubilin sa iba't ibang mga tribo at bansa, at ipinropesiya ang gawain na gagawin ni Jehova. Ang lahat ng mga taong ito na itinaguyod ng Diyos ay binigyan ni Jehova ng Espiritu ng propesiya: Nakita nila ang mga pangitain mula kay Jehova, at narinig nila ang Kanyang tinig, at dahil dito, sila'y nabigyan Niya ng inspirasyon at nagsulat ng propesiya. Ang gawain na kanilang ginawa ay paghahayag ng tinig ni Jehova, ang pagpapahayag ng propesiya ni Jehova, at ang gawain ni Jehova noong panahong iyon ay upang magabayan lamang ang mga tao sa pamamagitan ng Espiritu. Hindi Siya

nagkatawang-tao, at hindi nakita ng mga tao ang Kanyang mukha. Kung kaya't gumamit Siya ng maraming propeta upang magawa ang Kanyang gawain, at binigyan sila ng mga orakulo na kanilang ipinasa sa bawat tribo at angkan ng Israel. Ang kanilang gawain ay magsalita ng propesiya, at ang ilan sa kanila ay isinulat ang mga tagubilin ni Jehova sa kanila upang ipakita sa iba. Ginamit ni Jehova ang mga taong ito upang magsalita ng propesiya, upang ipropesiya ang gawain ng hinaharap o ang gawain na gagawin pa sa panahong iyon, upang makita ng mga tao ang pagiging kamangha-mangha at ang karunungan ni Jehova. Ang mga aklat na ito ng propesiya ay medyo naiiba sa ibang mga aklat ng Bibliya. Ang mga ito ay mga salitang binigkas o isinulat ng mga binigyan ng Espiritu ng propesiya—ng mga nagkaroon ng mga pangitain o tinig mula kay Jehova. Maliban sa mga aklat ng propesiya, ang lahat ng iba pa sa Lumang Tipan ay binubuo ng mga talaan na ginawa ng mga tao matapos magawa ni Jehova ang Kanyang gawain. Ang mga librong ito ay hindi maipanghahalili sa mga ipinropesiya ng mga propeta na itinaguyod ni Jehova, sa katulad na paraan na ang Genesis at Exodus ay hindi maikukumpara sa Aklat ni Isaias at sa Aklat ni Daniel. Ang mga propesiya ay sinabi bago pa isinagawa ang gawain, samantalang ang ibang aklat ay isinulat pagkatapos na makumpleto ang gawain, na siya namang kayang gawin ng mga tao. Ang mga propeta ng panahong iyon ay binigyang-inspirasyon ni Jehova at nagsabi ng ilang propesiya, marami silang binigkas na mga salita, at nagpropesiya sila tungkol sa mga bagay-bagay sa Kapanahunan ng Biyaya, pati na rin sa pagkawasak ng mundo sa mga huling araw—ang gawain na binalak gawin ni Jehova. Nakatala sa lahat ng natitirang aklat ang ginawa ni Jehova sa Israel. Kaya kapag binabasa mo ang Bibliya, ang binabasa mo higit sa lahat ay kung ano ang ginawa ni Jehova sa Israel; pangunahing nakatala sa Lumang Tipan ng Bibliya ang gawain ni Jehova ng paggabay sa Israel, ang paggamit Niya kay Moises upang gabayan ang mga Israelita palabas ng Ehipto, na nag-alis ng mga kadena ng Faraon sa kanila, at nagdala sa kanila sa ilang, matapos noon ay pumasok sila sa Canaan at ang lahat ng sumunod dito ay tungkol sa kanilang buhay sa Canaan. Ang lahat ng bukod dito ay mga tala ng gawain ni Jehova sa buong Israel. Ang lahat ng nakatala sa Lumang Tipan ay gawain ni Jehova sa Israel, ito ang gawaing ginawa ni Jehova sa lupain kung saan nilikha Niya sina Adan at Eba. Mula nang opisyal na sinimulan ng Diyos na pamunuan ang mga tao sa daigdig pagkaraan ni Noe, ang lahat ng nakatala sa Lumang Tipan ay gawain sa Israel. At bakit walang nakatala na kahit anong gawain sa labas ng Israel? Dahil ang lupain ng Israel ay ang duyan ng sangkatauhan. Sa simula, walang ibang bansa maliban sa Israel, at si Jehova ay hindi gumawa sa anupamang lugar. Sa ganitong paraan, ang nakasulat sa Lumang Tipan ng Bibliya ay gawaing lahat ng Diyos sa Israel noong panahong iyon. Ang mga salitang binigkas ng mga propeta, ni Isaias, Daniel, Jeremias, at Ezekiel ... ang kanilang mga salita ay nagpropesiya ng iba pa Niyang mga gawain sa daigdig, ipinropesiya nila ang gawain ng Mismong Diyos na si Jehova. Ang lahat ng ito ay mula sa Diyos, ito ay ang gawain ng Banal na Espiritu, at bukod sa mga aklat na ito ng mga propeta, ang lahat ng

iba pa ay tala ng mga karanasan ng mga tao sa gawain ni Jehova noong panahong iyon.

Ang gawain ng paglikha ay nangyari bago nagkaroon ng sangkatauhan, ngunit dumating lamang ang Aklat ng Genesis matapos magkaroon ng sangkatauhan; ito ay isang aklat na isinulat ni Moises noong Kapanahunan ng Kautusan. Ito ay tulad ng mga bagay na nangyayari sa inyo ngayon: Pagkatapos nilang mangyari, isinusulat ninyo ang mga ito upang ipakita sa mga tao sa hinaharap, at para sa mga tao sa hinaharap, ang inyong naitala ay mga bagay na nangyari noong nakalipas na panahon—ito’y wala nang iba kundi kasaysayan lamang. Ang mga bagay na naitala sa Lumang Tipan ay gawain ni Jehova sa Israel, at ang nakatala sa Bagong Tipan ay gawain ni Jesus noong Kapanahunan ng Biyaya; itinala ng mga ito ang gawain na tinapos ng Diyos sa dalawang magkaibang kapanahunan. Ang Lumang Tipan ay nagtatala ng gawain ng Diyos noong Kapanahunan ng Kautusan, at dahil dito, ang Lumang Tipan ay isang aklat ng kasaysayan, habang ang Bagong Tipan ay bunga ng gawain sa Kapanahunan ng Biyaya. Nang magsimula ang bagong gawain, naluma na rin ang Bagong Tipan—at dahil dito, ang Bagong Tipan ay isa ring aklat ng kasaysayan. Siyempre, ang Bagong Tipan ay hindi kasing sistematiko ng Lumang Tipan, at hindi nagtatala ng kasindaming mga bagay. Ang lahat ng mga salitang binigkas ni Jehova ay nakatala sa Lumang Tipan ng Bibliya, samantalang ilan lamang sa mga salita ni Jesus ang nakatala sa Apat na Ebanghelyo. Tunay ngang marami ring ginawa si Jesus, ngunit hindi ito naitala nang detalyado. Mas kaunti ang naitala sa Bagong Tipan dahil sa kung gaano karami ang nagawa ni Jesus; ang dami ng Kanyang gawain sa loob ng tatlo at kalahating taon sa daigdig at ang gawain ng mga apostol ay higit na kakaunti kaysa sa gawain ni Jehova. Dahil dito ay mas kaunti ang mga aklat sa Bagong Tipan kaysa sa Lumang Tipan.

Anong uri ng libro ang Bibliya? Ang Lumang Tipan ay ang gawain ng Diyos sa Kapanahunan ng Kautusan. Ang Lumang Tipan ng Bibliya ay nagtatala ng lahat ng gawain ni Jehova noong Kapanahunan ng Kautusan at ng Kanyang gawain ng paglikha. Ang lahat ng ito ay nagtatala ng gawain na tinapos ni Jehova, at sa huli ay nagtatapos sa mga salaysay ng gawain ni Jehova sa Aklat ni Malakias. Ang Lumang Tipan ay nagtatala ng dalawang bahagi ng gawain na tinapos ng Diyos: Ang isa ay ang gawain ng paglikha, at ang isa ay pag-aatas ng mga kautusan. Ito ay parehong gawain na ginawa ni Jehova. Ang Kapanahunan ng Kautusan ay kumakatawan sa gawain sa ilalim ng pangalan ng Diyos na si Jehova; ito ay kabuuan ng gawain na pangunahing ipinatupad sa ilalim ng pangalan ni Jehova. Dahil dito, ang Lumang Tipan ay nagtatala ng gawain ni Jehova, at ang Bagong Tipan ay nagtatala ng gawain ni Jesus, gawain na pangunahing ipinatupad sa ilalim ng pangalan ni Jesus. Ang kahalagahan ng pangalan ni Jesus at ang karamihan sa gawain na Kanyang ginawa ay nakatala sa Bagong Tipan. Sa panahon ng Kapanahunan ng Kautusan ng Lumang Tipan, nagtayo si Jehova ng templo at altar sa Israel, ginabayan Niya ang buhay ng mga Israelita sa daigdig, na nagpapatunay na sila ang Kanyang hinirang na mga tao, ang unang grupo ng mga tao na Kanyang pinili sa daigdig at naghahangad sa Kanyang puso, ang unang grupo na

personal Niyang pinamunuan. Ang labindalawang lipi ng Israel ay ang unang hinirang na mga tao ni Jehova, at dahil dito, Siya ay palagiang kumilos sa kanila, hanggang sa katapusan ng gawain ni Jehova sa Kapanahunan ng Kautusan. Ang ikalawang yugto ng gawain ay ang gawain ng Kapanahunan ng Biyaya ng Bagong Tipan, at ito ay isinagawa sa mga Hudyo, sa isa sa labindalawang tribo ng Israel. Ang saklaw ng gawaing ito ay mas maliit dahil si Jesus ay Diyos na naging tao. Si Jesus ay gumawa lamang sa buong lupain ng Judea, at gumawa lamang ng tatlo at kalahating taong gawain; kaya, malayong mahigitan ng mga nakatala sa Bagong Tipan ang dami ng gawain na nakatala sa Lumang Tipan. Ang gawain ni Jesus sa Kapanahunan ng Biyaya ay pangunahing nakatala sa Apat na mga Ebanghelyo. Ang landas na nilakaran ng mga tao ng Kapanahunan ng Biyaya ay ang pinakamababaw na pagbabago sa kanilang disposisyon sa buhay, na karamihan ay nakatala sa mga liham. Ang mga liham ay nagpapakita kung paano gumawa ang Banal na Espiritu noong panahong iyon. (Tunay ngang kinastigo man o tinamaan ng kamalasan si Pablo o hindi, sa trabahong ginawa niya, siya ay tinuruan ng Banal na Espiritu, siya'y ginamit ng Banal na Espiritu noong panahong iyon; si Pedro rin ay ginamit ng Banal na Espiritu, ngunit hindi kasindami ng ginawa ni Pablo ang ginawa niya. Bagama't ang gawa ni Pablo ay nagtaglay ng karumihan ng tao, makikita mula sa mga liham na sinulat niya kung paano gumawa ang Banal na Espiritu noong panahong iyon. Tama ang landas na tinahak ni Pablo, wasto ito, at ito ang landas ng Banal na Espiritu.)

Kung nais mong makita ang gawain ng Kapanahunan ng Kautusan, at makita kung paano sinundan ng mga Israelita ang landas ni Jehova, dapat mong basahin ang Lumang Tipan; kung nais mong maunawaan ang gawain ng Kapanahunan ng Biyaya, dapat mong basahin ang Bagong Tipan. Ngunit paano mo makikita ang mga gawain sa mga huling araw? Kailangan mong tanggapin ang pamumuno ng Diyos ng kasalukuyan, at pumasok sa gawain sa kasalukuyan, dahil ito ang bagong gawain, at wala pang nakapagtatala nito sa Bibliya. Ngayon, ang Diyos ay naging tao at pumili ng ibang hinirang na mga tao sa Tsina. Ang Diyos ay gumagawa sa mga taong ito, nagpapatuloy Siya mula sa Kanyang gawain sa daigdig, at nagpapatuloy mula sa gawain sa Kapanahunan ng Biyaya. Ang gawain sa kasalukuyan ay isang daan na hindi pa kailanman nalakaran ng tao, at daan na wala pang sinuman ang nakakita. Ito ay gawain na hindi pa kailanman nagawa—ito ang pinakabagong gawain ng Diyos sa mundo. Kaya ang gawain na hindi pa nagawa noon ay hindi kasaysayan, dahil ang ngayon ay ngayon, at hindi pa nagiging nakaraan. Hindi alam ng mga tao na ang Diyos ay nakagawa nang mas nakahihigit at mas bagong gawain sa mundo, at sa labas ng Israel, na lumampas na ito sa saklaw ng Israel, at lampas sa mga propesiya na ibinigay ng mga propeta, na ito ay bago at kahanga-hangang gawain na hindi sakop ng mga propesiya, at mas bagong gawain na lampas sa Israel, at gawain na hindi makikita o kaya ay magawang akalain ng mga tao. Paanong ang Bibliya ay naglalaman ng malinaw na mga talaan ng nasabing gawain? Sino ang maaaring makapagtala ng bawat isang bahagi ng gawain

ngayon bago ito maganap, nang walang makakaligtaan? Sino ang maaaring makapagtala nitong mas makapangyarihan at mas may karunungan gawain na sumasalungat sa kinaugalian na nasa lumang inaamag na libro na iyon? Ang gawain sa kasalukuyan ay hindi kasaysayan, at dahil dito, kung nais mong lumakad sa bagong landas ngayon, kailangan mong lisanin ang Bibliya, dapat mong lagpasan ang mga aklat ng propesiya o kasaysayan na nasa Bibliya. Sa ganitong paraan ka lamang maaaring makalakad sa bagong landas nang maayos, at sa ganitong paraan ka lamang makapasok sa bagong kaharian at sa bagong gawain. Dapat mong maunawaan kung bakit hinihiling ngayon na huwag mong basahin ang Bibliya, kung bakit mayroong ibang gawain na hiwalay sa Bibliya, kung bakit ang Diyos ay hindi na naghahanap ng mas bago at mas detalyadong pagsasagawa sa Bibliya, at kung bakit sa halip ay mayroong mas makapangyarihang gawain sa labas ng Bibliya. Ito ang lahat ng dapat ninyong maunawaan. Kailangan mong malaman ang pagkakaiba sa pagitan ng luma at bagong gawain, at kahit na hindi mo binabasa ang Bibliya, dapat ay kaya mo itong suriin; kung hindi, sasambahin mo pa rin ang Bibliya, at magiging mahirap para sa iyo na makapasok sa bagong gawain at sumailalim sa mga bagong pagbabago. Yamang mayroong mas mataas na daan, bakit pag-aaralan ang mas mababa at makalumang daan? Yamang may bagong mga pagbigkas, at mas bagong gawain, bakit ka mamumuhay batay sa lumang mga talaan ng kasaysayan? Ang mga bagong pagbigkas ay maaaring makapagtustos sa inyo, na nagpapatunay na ito ang bagong gawain; ang mga lumang talaan ay hindi ka mabibigyang-kasiyahan, o hindi makatutugon sa iyong kasalukuyang pangangailangan, na nagpapatunay na kasaysayan na ang mga ito, at hindi gawain ng dito at ngayon. Ang pinakamataas na daan ay ang pinakabagong gawain, at sa bagong gawain, kahit gaano pa kataas ang daan ng nakaraan, ito ay kasaysayan lamang na ginugunita ng mga tao, at kahit ano pa ang halaga nito bilang sanggunian, ito ay lumang daan pa rin. Kahit na ito ay naitala sa “banal na aklat,” ang lumang daan ay kasaysayan; kahit na walang nakatala tungkol dito sa “banal na aklat,” ang bagong daan ay para sa naririto at sa ngayon. Ang daan na ito ay maaari kang iligtas, at ang daan na ito ay maaari kang baguhin, dahil ito ang gawain ng Banal na Espiritu.

Dapat ninyong maunawaan ang Bibliya—ang gawaing ito ay pinakakinakailangan! Ngayon, hindi mo kailangang basahin ang Bibliya, dahil walang bago rito; lahat ito ay luma. Ang Bibliya ay isang aklat ng kasaysayan, at kung nakain at nainom mo na ang Lumang Tipan sa Kapanahunan ng Biyaya—kung naisagawa mo na kung ano ang kinailangan sa panahon ng Lumang Tipan noong Kapanahunan ng Biyaya—maaaring ikaw ay tatanggihan at kokondenahin ni Jesus; kung ginamit mo ang Lumang Tipan sa gawain ni Jesus, maaring ikaw ay naging isang Pariseo. Kung ngayon ay pinag-isa mo ang Luma at Bagong Tipan sa iyong pagkain at pag-inom, at pagsasagawa, kokondenahin ka ng Diyos ng ngayon; ikaw ay mapag-iiwanan ng gawain ng Banal na Espiritu sa kasalukuyan! Kung kumakain at umiinom ka ng Lumang Tipan at ng Bagong Tipan, ikaw ay nasa labas ng daloy ng Banal na Espiritu! Noong panahon ni Jesus, pinamunuan

Niya ang mga Hudyo at ang lahat ng sumunod sa Kanya ayon sa gawain ng Banal na Espiritu sa Kanya noong panahong iyon. Hindi Niya ginamit ang Bibliya bilang basehan ng Kanyang ginawa, kundi nagsalita Siya ayon sa Kanyang gawain; hindi Niya binigyang-pansin kung ano ang sinabi ng Bibliya, o kaya ay naghanap sa Bibliya ng landas upang pamunuan ang Kanyang mga tagasunod. Mula noong nagsimula Siyang gumawa, ipinalaganap Niya ang daan ng pagsisisi—ni isang salita tungkol dito ay hinding-hindi nabanggit sa mga propesiya sa Lumang Tipan. Hindi lamang Siya hindi kumilos ayon sa Bibliya, kundi Siya ay namuno rin sa isang bagong daan, at gumawa ng bagong gawain. Kahit kailanman ay hindi Siya sumangguni sa Bibliya kapag Siya ay nangangaral. Noong Kapanahunan ng Kautusan, walang sinuman ang nakagawa ng Kanyang mga himala ng pagpapagaling sa maysakit at pagpapalayas ng mga demonyo. Gayundin, ang Kanyang gawain, ang Kanyang mga turo at ang awtoridad at kapangyarihan ng Kanyang mga salita ay lampas sa sinumang tao noong Kapanahunan ng Kautusan. Basta lamang ginawa ni Jesus ang Kanyang mas bagong gawain, at kahit na maraming tao ang kumondena sa Kanya gamit ang Bibliya—at ginamit pa nga ang Lumang Tipan upang ipapako Siya sa krus—nahigitan ng Kanyang gawain ang Lumang Tipan; kung hindi, bakit ipinako Siya ng mga tao sa krus? Hindi ba ito dahil sa walang binanggit ang Lumang Tipan sa Kanyang turo, at sa Kanyang kakayahan na magpagaling ng maysakit at magpalayas ng mga demonyo? Ang Kanyang gawain ay ginawa upang umakay sa bagong daan, hindi ito para sadyang maghamon ng away laban sa Bibliya, o kaya ay sadyang iwaksi ang Lumang Tipan. Pumarito lamang upang gampanan ang Kanyang ministeryo, upang dalhin ang bagong gawain sa mga naghahangad at naghahanap sa Kanya. Hindi Siya dumating upang ipaliwanag ang Lumang Tipan o itaguyod ang gawain nito. Ang Kanyang gawain ay hindi para pahintulutan ang Kapanahunan ng Kautusan na magpatuloy sa pagyabong, dahil hindi isinaalang-alang ng Kanyang gawain kung pagbabatayan ba nito ang Bibliya; si Jesus ay pumarito lamang upang gawin ang gawain na dapat Niyang gawin. Kaya hindi Siya nagpaliwanag ng mga propesiya ng Lumang Tipan, ni hindi Siya gumawa nang ayon sa mga salita ng Kapanahunan ng Kautusan ng Lumang Tipan. Hindi Niya pinansin ang sinabi ng Lumang Tipan, hindi mahalaga sa Kanya kung ang Kanyang gawain ay umaayon dito o hindi, at hindi mahalaga kung ano ang alam ng iba sa Kanyang gawain, o kung paano nila kinondena ito. Ipinagpatuloy lamang Niya ang gawain na dapat Niyang gawin, kahit na maraming tao ang gumamit ng mga propesiya ng mga propeta ng Lumang Tipan upang kondenahin Siya. Sa mga tao, lumitaw na parang ang Kanyang gawain ay walang batayan, at marami rito ang salungat sa mga talaan sa Lumang Tipan. Hindi ba ito kamalian ng tao? Ang doktrina ba ay kailangang iangkop sa gawain ng Diyos? At ang Diyos ba ay dapat na gumawa ayon sa mga propesiya ng mga propeta? Kung tutuusin, alin ang mas dakila: ang Diyos o ang Bibliya? Bakit kailangang gumawa ang Diyos nang naaayon sa Bibliya? Maaari kaya na walang karapatan ang Diyos na higitan ang Bibliya? Hindi ba maaaring lumihis ang Diyos sa Bibliya at gumawa ng ibang gawain? Bakit

hindi ipinangilin ni Jesus at ng Kanyang mga disipulo ang araw ng Sabbath? Kung magsasagawa Siya nang isinasaalang-alang ang araw ng Sabbath at nang ayon sa mga utos ng Lumang Tipan, bakit hindi nangilin si Jesus sa Sabbath nang dumating Siya, at sa halip ay naghugas ng mga paa, nagtaklob ng ulo, naghati-hati ng tinapay, at uminom ng alak? Hindi ba wala itong lahat sa mga utos ng Lumang Tipan? Kung iginalang ni Jesus ang Lumang Tipan, bakit Niya hindi isinagawa ang mga doktrinang ito? Dapat mong malaman kung alin ang nauna, ang Diyos o ang Bibliya! Bilang Panginoon ng Sabbath, hindi ba Siya maaaring maging Panginoon din ng Bibliya?

Ang gawain na ginawa ni Jesus sa panahon ng Bagong Tipan ay nagpasimula ng bagong gawain: Hindi Siya gumawa ayon sa gawain ng Lumang Tipan, at hindi rin Niya ginamit ang mga salita na sinabi ni Jehova ng Lumang Tipan. Ginawa Niya ang Kanyang sariling gawain, at gumawa Siya ng mas bagong gawain, at gawain na mas mataas kaysa sa kautusan. Kaya, sinabi Niya: “Huwag ninyong isiping Ako’y naparito upang sirain ang kautusan o ang mga propeta: Ako’y naparito hindi upang sirain ito, kundi upang tuparin ang mga ito.” Kaya alinsunod sa kung ano ang naisakatuparan Niya, maraming mga doktrina ang nasira. Sa araw ng Sabbath, nang dinala Niya ang mga alagad sa mga palayan, sila ay kumuha at kumain ng mga ulo ng butil; hindi Niya sinunod ang Sabbath, at sinabing “ang Anak ng tao ay Panginoon maging ng araw ng sabbath.” Noong panahong iyon, ayon sa mga tuntunin ng mga Israelita, kung sinuman ang hindi mangilin sa Sabbath ay babatuhin hanggang sa kamatayan. Si Jesus, gayunman, ay hindi pumasok sa templo ni nangilin sa Sabbath, at ang Kanyang gawain ay hindi ginawa ni Jehova sa panahon ng Lumang Tipan. Sa ganitong paraan ay nahigitan ng gawain na ginawa ni Jesus ang kautusan ng Lumang Tipan, ito ay mas mataas kaysa rito, at ito ay hindi naaayon dito. Noong Kapanahunan ng Biyaya, hindi gumawa si Jesus ayon sa kautusan ng Lumang Tipan, at humiwalay na sa mga doktrinang iyon. Ngunit mahigpit na kumapit ang mga Israelita sa Bibliya at tinuligsa si Jesus—hindi ba ito pagtangga sa gawain ni Jesus? Ngayon, mahigpit ding kumakapit ang relihiyosong mundo sa Bibliya, at sinasabi ng ilang tao, “Ang Bibliya ay isang banal na aklat at ito ay dapat basahin.” Sinasabi ng ilang mga tao na, “Ang gawain ng Diyos ay dapat itaguyod magpakailanman, ang Lumang Tipan ay tipan ng Diyos sa mga Israelita, at hindi maaaring iwaksi, at ang Sabbath ay dapat laging ipangilin!” Hindi ba sila katawa-tawa? Bakit hindi ipinangilin ni Jesus ang Sabbath? Siya ba’y nagkakasala? Sino ang maaaring lubos na makaunawa sa mga nasabing bagay? Paano man basahin ng mga tao ang Bibliya, magiging imposibleng malaman ang gawain ng Diyos gamit ang kanilang kapangyarihang umunawa. Hindi lamang sila hindi makakakuha ng dalisay na kaalaman tungkol sa Diyos, kundi magiging higit na napakasama ng kanilang mga kuru-kuro, kung kaya’t magsisimula silang tumutol sa Diyos. Kung hindi dahil sa pagkakatawang-tao ng Diyos ngayon, mawawasak ang mga tao ng sarili nilang mga kuru-kuro, at sila’y mamamatay sa gitna ng pagkastigo ng Diyos.

Tungkol sa Bibliya 2

Ang Bibliya ay tinatawag din na Luma at Bagong Tipan. Alam ba ninyo kung ano ang tinutukoy ng “tipan”? Ang “tipan” sa Lumang Tipan ay mula sa kasunduan ni Jehova sa bayan ng Israel nang patayin Niya ang mga taga-Ehipto at iligtas ang mga Israelita mula sa Faraon. Siyempre pa, ang patunay ng kasunduang ito ay ang dugo ng tupa na ipinahid sa itaas ng mga pintuan, na sa pamamagitan nito’y nagtatag ang Diyos ng kasunduan sa tao, kung saan sinabi na ang lahat ng may dugo ng tupa sa itaas at mga gilid ng pintuan ay mga Israelita, sila ang hinirang na bayan ng Diyos, at silang lahat ay ililigtas ni Jehova (sapagkat papatayin na ni Jehova noon ang lahat ng panganay na anak ng Ehipto at panganay na mga tupa at baka). Ang kasunduang ito ay may dalawang antas ng kahulugan. Walang tao o mga alagang hayop ng Ehipto ang ililigtas ni Jehova; papatayin Niya ang lahat ng kanilang panganay na anak at panganay na mga tupa at baka. Kaya, sa maraming aklat ng propesiya inihula na ang mga taga-Ehipto ay matinding kakastiguhin bilang resulta ng kasunduan ni Jehova. Ito ang unang antas ng kahulugan ng kasunduan. Pinatay ni Jehova ang mga panganay na anak ng Ehipto at ang lahat ng panganay na alagang hayop, at iniligtas Niya ang lahat ng Israelita, na nangangahulugang ang lahat ng tao sa lupain ng Israel ay itinangi ni Jehova, at ang lahat ay maliligtas; ninais Niyang gumawa ng pangmatagalang gawain sa kanila, at itinatag ang kasunduan sa kanila gamit ang dugo ng tupa. Simula noon, hindi papatayin ni Jehova ang mga Israelita, at sinabi na sila ang Kanyang mga hinirang magpakailanman. Mula sa labindalawang tribo ng Israel, sisimulan Niya ang Kanyang gawain sa buong Kapanahunan ng Kautusan, ilalatag Niya ang lahat ng Kanyang batas sa mga Israelita, at pipili mula sa kanila ng mga propeta at mga hukom, at sila ang magiging sentro ng Kanyang gawain. Nakipagkasundo si Jehova sa kanila: Malibang magbago ang kapanahunan, Siya ay gagawa lamang sa gitna ng mga hinirang. Ang kasunduan ni Jehova ay hindi nababago, dahil ito ay isinakatuparan sa dugo, at itinatag sa Kanyang hinirang na bayan. Higit pa rito, pumili Siya ng naaangkop na saklaw at layon na dapat pagmulan ng Kanyang gawain para sa buong kapanahunan, at sa gayon nakita ng mga tao ang kasunduan na lalong mahalaga. Ito ang ikalawang antas ng kahulugan ng kasunduan. Maliban sa Genesis, na nauna pa sa pagtatatag ng kasunduan, itinatala ng lahat ng iba pang mga aklat sa Lumang Tipan ang gawain ng Diyos sa gitna ng mga Israelita pagkatapos ng pagtatatag ng kasunduan. Siyempre, may mga paminsan-minsang salaysay tungkol sa mga Hentil, ngunit sa pangkalahatan, ang Lumang Tipan ay nagsasaad ng gawain ng Diyos sa Israel. Dahil sa kasunduan ni Jehova sa mga Israelita, ang mga aklat na isinulat sa Kapanahunan ng Kautusan ay tinatawag na Lumang Tipan. Ang mga ito ay ipinangalan mula sa kasunduan ni Jehova sa mga Israelita.

Ang Bagong Tipan ay ipinangalan mula sa pagdanak ng dugo ni Jesus sa krus at sa Kanyang kasunduan sa lahat ng naniniwala sa Kanya. Ang kasunduan ni Jesus ay ito: Ang mga tao ay kailangan lamang maniwala sa Kanya upang mapatawad ang kanilang

mga kasalanan dahil sa pagdanak ng Kanyang dugo, at sa gayon ay maliligtas sila, at isisilang muli sa pamamagitan Niya, at hindi na magiging mga makasalanan; ang mga tao ay kailangan lamang maniwala sa Kanya upang matanggap ang Kanyang biyaya, at hindi magdusa sa impiyerno pagkatapos nilang mamatay. Ang lahat ng aklat na isinulat noong Kapanahunan ng Biyaya ay dumating pagkatapos ng kasunduang ito, at lahat ng ito ay isinasaad ang gawain at mga pagbigkas na nakapaloob dito. Hindi lumalagpas ang mga ito sa pagliligtas ng pagkapako sa krus ng Panginoong Jesus o sa kasunduan; itong lahat ay mga aklat na isinulat ng mga kapatid sa Panginoon na nagkaroon ng mga karanasan. Kaya, ang mga aklat na ito ay ipinangalan din mula sa isang kasunduan: Tinatawag silang ang Bagong Tipan. Ang dalawang tipan na ito ay sinasaklaw lamang ang Kapanahunan ng Kautusan at ang Kapanahunan ng Biyaya, at walang kaugnayan sa huling kapanahunan. Kaya't ang Bibliya ay walang malaking gamit para sa mga tao ngayong mga huling araw. Masasabi lang na nagsisilbi ito bilang pansamantalang sanggunian, ngunit ito ay talagang walang gaanong halagang gamitin. Datapwa't ito pa rin ang pinakailingat-ingatan ng mga relihiyosong tao. Hindi nila alam ang Bibliya; alam lamang nila kung paano ipaliwanag ang Bibliya, ngunit walang malay sa mga pinagmulan nito. Ang kanilang saloobin sa Bibliya ay: Lahat na nasa Bibliya ay tama, wala itong nilalaman na mga di-kawastuan o mga pagkakamali. Dahil una na nilang napagpasyahan na ang Bibliya ay tama at walang pagkakamali, pinag-aaralan nila at sinusuri ito nang may malaking interes. Ang kasalukuyang yugto ng gawain ay hindi inihula sa Bibliya. Hindi kailanman nabanggit ang gawaing paglupig sa pinakamadilim na lugar, dahil ito ang pinakabagong gawain. Sapagkat ang kapanahunan ng gawain ay naiiba, kahit si Jesus Mismo ay hindi alam na ang yugtong ito ng gawain ay gagawin sa mga huling araw—kung magkagayon, paano mahahanap ng mga tao sa mga huling araw ang yugtong ito ng gawain sa Bibliya sa pamamagitan ng pagsusuri rito?

Karamihan sa mga nagpapaliwanag sa Bibliya ay gumagamit ng lohikal na hinuha, at walang aktwal na karanasan. Gumagamit lamang sila ng lohika upang maghinuha ng maraming bagay. Sa taun-taon, wala kahit isa ang nangahas na himay-himayin ang Bibliya, o tumanggi sa Bibliya, dahil ang aklat na ito ay ang “banal na aklat,” at sinasamba ito ng mga tao bilang Diyos. Ito ay nagpatuloy na sa loob ng ilang libong taon. Hindi ito pinansin ng Diyos, at walang sinuman ang nakatuklas sa kuwentong napapaloob sa Bibliya. Sinasabi natin na ang pagpapahalaga sa Bibliya ay pagsamba sa diyos-diyosan, gayunman ay wala sa mga taos-pusong mananampalataya ang naglalakas-loob na tingnan ito sa ganitong paraan, at kanilang sasabihin sa iyo: “Kapatid! Huwag mong sabihin iyan, iyan ay kakila-kilabot! Paano mo nagagawang lumapastangan laban sa Diyos?” Sunod, magpapakita sila na tila nasasaktan: “O maawaing Jesus, Panginoon ng kaligtasan, nakikiusap ako sa Iyo na patawarin ang kanyang mga kasalanan, sapagkat Ikaw ang Panginoon na nagmamahal sa tao, at lahat kami ay nagkasala, mangyaring ipakita sa amin ang dakilang pagkahabag, amen.” Ganyan sila “kabanal”; paano magiging madali para sa kanila na tanggapin ang katotohanan? Ang pagsasabi

mo niyan ay lubusang tatakot sa kanila. Wala kahit isa ang maglalakas-loob na isipin na ang Bibliya ay maaaring nabahiran ng mga ideya ng tao at mga kuru-kuro ng tao, at walang sinuman ang makakakita sa depektong ito. Ang ilang nasa Bibliya ay mga karanasan at kaalaman ng mga indibiduwal, ilan sa mga ito ay kaliwanagan ng Banal na Espiritu, at mayroon ding pagkahalo ng talino at kaisipan ng tao. Ang Diyos ay hindi kailanman nanghimasok sa mga bagay na ito, ngunit may limitasyon: Hindi maaaring lumampas ang mga bagay na ito sa normal na kaisipan ng mga tao, at kung lumampas, ang mga ito ay nanghihimasok at gumagambala sa gawain ng Diyos. Yaong lumalampas sa normal na kaisipan ng mga tao ay gawain ni Satanas, dahil inaalis nito sa mga tao ang kanilang tungkulin, ito ay gawain ni Satanas, at pinangungunahan ni Satanas, at sa sandaling ito hindi ka pahihintulutan ng Banal na Espiritu na kumilos sa ganoong paraan. Kung minsan, ang ilang kapatid ay nagtatanong: “Puwede ba akong gumawa sa ganito-at-ganoong paraan?” Tinitingnan Ko ang kanilang tayog at sinasabi: “Puwede!” May ilang tao rin na nagsasabi: “Kung ako ay gumawa sa ganito-at-ganoong paraan, normal ba ang aking kalagayan?” At sinasabi Ko: “Oo! Ito ay normal, lalo nang normal!” Sinasabi ng iba: “Puwede ba akong gumawa sa ganitong paraan?” At sinasabi Ko: “Hindi!” Sinasabi nila: “Bakit puwede sa kanya at hindi sa akin?” At sinasabi Ko: “Dahil ang iyong ginagawa ay mula kay Satanas, ito ay isang paggambala, at ang pinagmulan ng iyong motibasyon ay nagiging mali.” May mga panahon din na ang gawain ay hindi sapat ang nararating, at hindi ito alam ng mga kapatid. Ang ilan ay nagtatanong sa Akin kung puwedeng gumawa sa isang paraan, at kapag nakita Ko na ang kanilang mga pagkilos ay hindi makakaabala sa gawain sa hinaharap, sinasabi Kong ayos lang iyon. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay nagbibigay sa mga tao ng isang saklaw; ang mga tao ay hindi kailangang sundin ang mga kagustuhan ng Banal na Espiritu nang eksakto, dahil ang mga tao ay nagmamay-ari ng normal na kaisipan at kahinaan, at mayroon silang ilang makalamang pangangailangan, mayroon silang tunay na mga problema, at mayroong mga kaisipan sa kanilang mga utak na talagang hindi nila kayang kontrolin. Lahat ng Aking hinihingi sa mga tao ay may limitasyon. Ang ilan ay naniniwala na ang Aking mga salita ay malabo, na sinasabihan Ko sila na kumilos sa anumang paraan—iyon ay dahil hindi mo nauunawaan na mayroong isang angkop na saklaw sa Aking mga kinakailangan. Kung ito ay tulad ng iyong iniisip—kung ginawa Ko ang parehong mga kahilingan sa lahat ng tao nang walang pasubali, at hiningi sa kanilang lahat na abutin ang magkaparehong tayog—ito ay hindi uubra. Ito ay paghingi ng imposible, at ito ang prinsipyo ng gawain ng tao, hindi ang prinsipyo ng gawain ng Diyos. Ang gawain ng Diyos ay isinasagawa ayon sa aktwal na mga kalagayan ng mga tao, at ito ay batay sa kanilang likas na kakayahan. Ito rin ang prinsipyo ng pagpapalaganap ng ebanghelyo: Dapat kang magpatuloy nang dahan-dahan, na hinahayaang mangyari nang natural ang nararapat, mauunawaan lang ng isang tao kapag malinaw mong sinasabi sa kanya ang katotohanan, at sa oras lamang na iyon nila magagawang isantabi ang Bibliya. Kung hindi ginawa ng Diyos ang yugtong ito ng gawain, sino ang makakahiwalay sa

kinaugalian? Sino ang makakagawa ng bagong gawain? Sino ang makakahanap ng isang bagong landas sa labas ng Bibliya? Dahil ang mga tradisyonal na kuru-kuro ng mga tao at ang pyudal na etika ay napakalubha, wala silang kakayahang alisin ang mga bagay na ito nang sila lang, at wala rin silang lakas ng loob na gawin ito. Huwag nang banggitin pa kung paanong ang mga tao ngayon ay nahawakan na ng ilang patay na salita sa Bibliya, mga salitang inari na ang kanilang mga puso. Paano sila magiging handa na isuko ang Bibliya? Paano nila madaling matanggap ang isang paraang nasa labas ng Bibliya? Iyon ay maliban kung malinaw mong maisasalaysay ang napapaloob na kuwento ng Bibliya at ang mga prinsipyo ng gawain ng Banal na Espiritu, upang ang lahat ng tao ay lubusang mahikayat—na sukdulang kinakailangan. Ito ay dahil ang lahat ng tao sa loob ng relihiyon ay nagpipitagan sa Bibliya, at sinasamba ito bilang Diyos, sinusubukan din nila na limitahan ang Diyos sa loob ng Bibliya, at ang kalagayan pa nga ay na nakakamit lang nila ang kanilang mga layunin kapag muli na nilang naipako sa krus ang Diyos.

Tungkol sa Bibliya 3

Hindi lahat ng nasa Bibliya ay isang talaan ng mga salitang personal na sinabi ng Diyos. Isinasaad lang ng Bibliya ang naunang dalawang yugto ng gawain ng Diyos, kung saan ang isang bahagi ay isang talaan ng mga propesiya ng mga propeta, at ang isang bahagi ay mga karanasan at kaalamang isinulat ng mga taong ginamit ng Diyos sa nagdaang mga panahon. Ang mga karanasan ng tao ay nabahiran ng mga opinyon at kaalaman ng tao, na hindi maiiwasan. Matatagpuan sa maraming aklat sa Bibliya ang mga kuru-kuro ng tao, mga pagkiling ng tao, at mga kakatwang pag-unawa ng tao. Siyempre, karamihan ng mga salita ay resulta ng kaliwanagan at pagtanglaw ng Banal na Espiritu, at tama ang mga pagkaunawang iyon—pero hindi pa rin masasabi na ang mga ito ay tumpak na mga pagpapahayag ng katotohanan. Ang kanilang mga pananaw tungkol sa ilang bagay ay walang iba kundi ang kaalamang hango sa personal na karanasan, o ang kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Ang mga propesiya ng mga propeta ay personal na itinagubilin ng Diyos: Ang mga propesiya ng mga katulad nina Isaias, Daniel, Ezra, Jeremias, at Ezekiel ay nagmula sa tuwirang tagubilin ng Banal na Espiritu; ang mga taong ito ay mga tagakita, natanggap nila ang Espiritu ng propesiya, at lahat sila ay propeta ng Lumang Tipan. Noong Kapanahunan ng Kautusan, ang mga taong ito, na nakatanggap ng inspirasyon ni Jehova, ay nagsalita ng maraming propesiya, na tuwirang itinagubilin ni Jehova. At bakit kumilos si Jehova sa kanila? Sapagkat ang bayan ng Israel ang hinirang na mga tao ng Diyos, at ang gawain ng mga propeta ay kailangang isagawa sa kanila; iyon ang dahilan kung bakit nagawang tumanggap ng mga propeta ng gayong mga pahayag. Sa katunayan, hindi nila mismo naunawaan ang mga pahayag ng Diyos sa kanila. Sinabi ng Banal na Espiritu ang mga salitang iyon sa

pamamagitan ng kanilang bibig upang maunawaan ng mga tao sa hinaharap ang mga bagay na iyon, at makita na ang mga iyon ay gawain talaga ng Espiritu ng Diyos, ng Banal na Espiritu, at hindi nagmula sa tao, at mabigyan sila ng pagpapatibay ng gawain ng Banal na Espiritu. Noong Kapanahunan ng Biyaya, si Jesus Mismo ang gumawa ng lahat ng gawaing ito kahalili nila, kaya nga hindi na nagsalita ng propesiya ang mga tao. Kaya propeta ba si Jesus? Si Jesus, siyempre, ay isang propeta, pero nagawa rin Niya ang gawain ng mga apostol—kaya Niyang magsalita ng propesiya at mangaral at magturo sa mga tao sa buong kalupaan. Subalit ang gawaing isinakatuparan Niya at ang pagkakakilanlan na Kanyang kinatawan ay hindi magkapareho. Pumarito Siya upang tubusin ang buong sangkatauhan, upang tubusin ang tao mula sa kasalanan; Siya ay isang propeta, at isang apostol, pero higit pa roon, Siya si Cristo. Ang isang propeta ay maaaring magsalita ng propesiya, ngunit hindi masasabi na ang propetang tulad nito ay si Cristo. Sa panahong iyon, maraming ipinahayag na propesiya si Jesus, kaya masasabi na isa Siyang propeta, pero hindi masasabi na isa Siyang propeta kaya hindi Siya si Cristo. Iyon ay dahil kinatawan Niya ang Diyos Mismo sa pagsasagawa ng isang yugto ng gawain, at iba ang pagkakakilanlan Niya kay Isaias: Pumarito Siya upang kumpletuhin ang gawain ng pagtubos, at Siya rin ang nagbigay ng buhay sa tao, at tuwirang napasa-Kanya ang Espiritu ng Diyos. Sa gawaing isinakatuparan Niya, walang mga inspirasyong nagmula sa Espiritu ng Diyos o mga tagubilin mula kay Jehova. Sa halip, tuwirang gumawa ang Espiritu—at sapat na ito upang mapatunayan na si Jesus ay hindi kapareho ng isang propeta. Ang gawaing isinakatuparan Niya ay ang gawain ng pagtubos, na pinangalawahan ng pagsasalita ng propesiya. Siya ay isang propeta, isang apostol, ngunit higit pa riyan, Siya ang Manunubos. Samantala, ang mga manghuhula ay maaari lamang magsalita ng propesiya, at walang kakayahang kumatawan sa Espiritu ng Diyos sa pagganap ng anumang iba pang gawain. Dahil maraming ginawa si Jesus na hindi pa nagawa ng tao kailanman, at isinakatuparan ang gawain ng pagtubos sa sangkatauhan kaya naiiba Siya sa mga katulad ni Isaias. Ayaw tanggapin ng ilang tao ang patuloy na daloy ngayon dahil ito’y gumawa ng balakid sa kanila. Sabi nila: “Sa Lumang Tipan maraming propeta ring nagsalita ng maraming salita—kaya bakit hindi sila ang Diyos na naging tao? Ang Diyos ng kasalukuyan ay sumasambit ng mga salita—sapat na ba iyan para mapatunayan na Siya ang Diyos na nagkatawang-tao? Hindi mo itinataas ang Bibliya, ni pinag-aaralan ito—kaya ano ang batayan mo para sabihin na Siya ang pagkakatawang-tao ng Diyos? Sinasabi mo na sila’y tinagubilinan ng Banal na Espiritu, at naniniwala ka na ang yugtong ito ng gawain ay gawaing personal na isinakatuparan ng Diyos—pero ano ang batayan mo nito? Itinutuon mo ang iyong pansin sa mga salita ng Diyos ngayon, at parang ikinaila mo na ang Bibliya, at isinantabi ito.” At kaya sinasabi nila na naniniwala ka sa maling pananampalataya at lihis na paniniwala.

Kung nais mong patotohanan ang gawain ng Diyos sa mga huling araw, kailangan mong maunawaan ang panloob na kasaysayan ng Bibliya, ang balangkas ng Bibliya, at

ang diwa ng Bibliya. Ngayon, naniniwala ang mga tao na ang Bibliya ay Diyos, at na ang Diyos ay ang Bibliya. Kaya, naniniwala rin sila na lahat ng salita sa Bibliya ay tanging mga salita na binigkas ng Diyos, at lahat ng ito ay sinabi ng Diyos. Iniisip pa ng mga naniniwala sa Diyos na bagama't lahat ng animnapu't anim na aklat ng Luma at Bagong Tipan ay isinulat ng mga tao, lahat ng ito ay ipinagkaloob sa pamamagitan ng inspirasyon ng Diyos, at isang talaan ng mga pagbigkas ng Banal na Espiritu. Ito ang maling pagkaunawa ng tao, at hindi ito lubos na naaayon sa mga totoong nangyari. Sa katunayan, maliban sa mga aklat ng propesiya, karamihan sa Lumang Tipan ay talaan ng kasaysayan. Ang ilan sa mga sulat sa Bagong Tipan ay nagmula sa mga karanasan ng mga tao, at ang ilan ay nagmula sa kaliwanagan ng Banal na Espiritu; ang mga sulat ni Pablo, halimbawa, ay nagmula sa gawain ng isang tao, resulta ang lahat ng ito ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu, at isinulat para sa mga iglesia, at mga salitang nagpapayo at naghihikayat sa mga kapatid sa mga iglesia. Hindi ito mga salitang sinabi ng Banal na Espiritu—hindi makapagsasalita si Pablo sa ngalan ng Banal na Espiritu, at hindi rin siya isang propeta, at lalong hindi siya nakakita ng mga pangitain na nakita ni Juan. Ang kanyang mga sulat ay isinulat para sa mga iglesia ng Efeso, Corinto, Galacia, at iba pang mga Iglesia. Kaya ang mga sulat ni Pablo sa Bagong Tipan ay mga liham ni Pablo para sa mga iglesia, at hindi mga inspirasyon mula sa Banal na Espiritu, ni hindi ito mga tuwirang pagbigkas ng Banal na Espiritu. Mga salita lamang ito ng pagpapayo, pag-aliw, at paghihikayat na isinulat niya para sa mga iglesia habang ginagampanan ang kanyang gawain. Kaya isang talaan din ito ng karamihan ng ginawa ni Pablo sa panahong iyon. Isinulat ang mga ito para sa lahat na kapatid sa Panginoon, upang sundin ng mga kapatid sa iglesia sa panahong iyon ang kanyang payo at sumunod sila sa daan ng pagsisisi ng Panginoong Jesus. Hindi sinabi ni Pablo sa anumang paraan na lahat ay kailangang kumain at uminom ng mga bagay na isinulat niya, mga iglesia man sila noong panahong iyon o sa hinaharap, ni hindi niya sinabi na ang kanyang mga salita ay nagmulang lahat sa Diyos. Ayon sa sitwasyon ng iglesia sa panahong iyon, kinausap lang niya ang mga kapatid, at pinayuhan sila, at binigyang-inspirasyon silang maniwala; at nangaral o nagpaalala lang siya sa mga tao at pinayuhan sila. Ang kanyang mga salita ay batay sa kanyang sariling pasanin, at sinuportahan niya ang mga tao sa pamamagitan ng mga salitang ito. Ginampanan niya ang gawain ng isang apostol ng mga iglesia noong panahong iyon, isa siyang manggagawa na ginamit ng Panginoong Jesus, at kaya kailangan niyang tanggapin ang responsibilidad para sa mga iglesia, at kailangan niyang isagawa ang gawain ng mga iglesia, kailangan niyang malaman ang mga sitwasyon ng mga kapatid—at dahil dito, sumulat siya ng mga liham para sa lahat ng kapatid na nasa Panginoon. Lahat ng sinabi niya na nakakapagpatibay at positibo sa mga tao ay tama, pero hindi nito kinatawan ang mga pagbigkas ng Banal na Espiritu, at hindi nito maaaring katawanin ang Diyos. Napakasamang pagkaunawa at napakalaking kalapastangan sa Diyos ang tratuhin ng mga tao ang mga talaan ng mga karanasan at mga sulat ng isang tao bilang mga salitang sinabi ng Banal na Espiritu sa mga iglesia!

Totoo iyan lalung-lalo na kapag nagmumula ito sa mga sulat ni Pablo para sa mga iglesia, sapagkat ang kanyang mga liham ay isinulat para sa mga kapatid batay sa mga kalagayan at sitwasyon ng bawat iglesia sa panahong iyon, at ginawa upang payuhan ang mga kapatid sa Panginoon, upang matanggap nila ang biyaya ng Panginoong Jesus. Ang kanyang mga sulat ay ginawa para pukawin ang mga kapatid noong panahong iyon. Masasabi na ito ang sarili niyang pasanin, at ang pasanin ding ibinigay sa kanya ng Banal na Espiritu; tutal naman, isa siyang apostol na namuno sa mga iglesia noong panahong iyon, na sumulat ng mga liham para sa mga iglesia at pinayuhan sila—iyon ang kanyang responsibilidad. Ang kanyang pagkakakilanlan ay sa isang naglilingkod lamang na apostol, at isa lang siyang apostol na isinugo ng Diyos; hindi siya isang propeta, ni isang manghuhula. Para sa kanya, ang sarili niyang gawain at ang buhay ng mga kapatid ang pinakamahalaga. Kaya hindi siya makapagsasalita sa ngalan ng Banal na Espiritu. Ang kanyang mga salita ay hindi mga salita ng Banal na Espiritu, at lalong hindi masasabi na mga salita iyon ng Diyos, sapagkat si Pablo ay wala nang iba pa kundi isang nilalang lamang ng Diyos, at tiyak na hindi ang pagkakatawang-tao ng Diyos. Ang kanyang pagkakakilanlan ay hindi kapareho ng kay Jesus. Ang mga salita ni Jesus ay mga salita ng Banal na Espiritu, ito ay mga salita ng Diyos, sapagkat ang Kanyang pagkakakilanlan ay iyong kay Cristo—ang Anak ng Diyos. Paano Siya magiging isang kapantay ni Pablo? Kung ituturing ng mga tao ang mga sulat o salita na katulad ng kay Pablo bilang mga pagbigkas ng Banal na Espiritu, at sinasamba ang mga ito bilang Diyos, masasabi lamang na masyado silang hindi maselan. Sa mas masakit na pananalita, hindi ba ito’y wala nang iba kundi paglapastangan sa Diyos? Paano makapagsasalita ang isang tao sa ngalan ng Diyos? At paanong nakayuyukod ang mga tao sa mga talaan ng kanyang mga sulat at ng mga salitang kanyang sinabi na para bang ang mga ito ay isang banal na aklat, o isang makalangit na aklat? Maaari bang kaswal na bigkasin ng tao ang mga salita ng Diyos? Paano makapagsasalita ang isang tao sa ngalan ng Diyos? Kaya, ano ang masasabi mo—maaari bang hindi mabahiran ng sarili niyang mga kaisipan ang mga isinulat niya para sa mga iglesia? Paanong hindi mababahiran ang mga ito ng mga ideya ng tao? Isinulat niya ang mga liham para sa mga iglesia batay sa personal niyang mga karanasan at sarili niyang kaalaman. Halimbawa, sumulat si Pablo ng liham sa mga iglesia sa Galacia na may partikular na opinyon, at sumulat si Pedro ng isa pa, na may ibang pananaw. Alin dito ang nagmula sa Banal na Espiritu? Walang makapagsasabi nang tiyak. Kaya masasabi lamang na pareho silang may pasanin para sa mga iglesia, ngunit ang kanilang mga sulat ay kumatawan sa kanilang tayog, kinakatawan nito ang kanilang panustos at suporta para sa mga kapatid, at ang kanilang pasanin sa mga iglesia, at kinakatawan lamang nito ang gawain ng tao—hindi lubos na sa Banal na Espiritu ang mga ito. Kung sinasabi mo na ang kanyang mga sulat ay mga salita ng Banal na Espiritu, kakatwa ka, at nilalapastangan mo ang Diyos! Ang mga sulat ni Pablo at ang iba pang mga sulat sa Bagong Tipan ay katumbas ng mga talambuhay ng makabagong espirituwal na mga

tao. Kapantay sila ng mga aklat ni Watchman Nee o ng mga karanasan ni Lawrence, at ng iba pa. Talagang hindi lang tinipon ang mga aklat ng makabagong espirituwal na mga tao sa Bagong Tipan, pero ang diwa ng mga taong ito ay pareho: Sila ang mga taong ginamit ng Banal na Espiritu sa isang partikular na panahon, at hindi nila maaaring tuwirang katawanin ang Diyos.

Nakasaad sa Ebanghelyo ni Mateo sa Bagong Tipan ang talaangkanan ni Jesus. Sa simula, sinasabi rito na si Jesus ay inapo ni Abraham at ni David, at anak ni Jose; pagkatapos ay sinabi rito na ipinaglihi si Jesus sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, at ipinanganak ng isang birhen—ibig sabihin ay hindi Siya anak ni Jose o inapo ni Abraham at ni David. Gayunman, iginigiit ng talaangkanan na iugnay si Jesus kay Jose. Pagkatapos, sinimulang itala ng talaangkanan ang proseso kung paano isinilang si Jesus. Sabi rito, si Jesus ay ipinaglihi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, na Siya ay ipinanganak ng isang birhen, at hindi Siya anak ni Jose. Pero sa talaangkanan malinaw na nakasulat na si Jesus ay anak ni Jose, at dahil isinulat ang talaangkanan para kay Jesus, apatnapu't dalawang henerasyon ang nakatala rito. Pagdating sa henerasyon ni Jose, dali-dali nitong sinabi na si Jose ang asawa ni Maria, mga salita na nilayong patunayan na si Jesus ay inapo ni Abraham. Hindi ba pagsalungat ito? Malinaw na isinasaad ng talaangkanan ang kanunu-nunuan ni Jose, malinaw na ito ang talaangkanan ni Jose, pero iginigiit ni Mateo na ito ang talaangkanan ni Jesus. Hindi ba nito ikinakaila ang katunayang ipinaglihi si Jesus sa pamamagitan ng Banal na Espiritu? Samakatuwid, hindi ba't ang talaangkanang ginawa ni Mateo ay ideya ng tao? Nakakatawa ito! Sa ganitong paraan mo malalaman na ang aklat na ito ay hindi lubusang nagmula sa Banal na Espiritu. Marahil, may ilang tao na nag-aakala na may talaangkanan talaga ang Diyos sa lupa, kaya itinalaga nila si Jesus bilang ika-apatnapu't dalawang henerasyon ni Abraham. Nakakatawa talaga iyan! Matapos dumating sa lupa, paano nagkaroon ng talaangkanan ang Diyos? Kung sinasabi mong may talaangkanan ang Diyos, hindi ba ninyo Siya inihahanay sa mga nilalang ng Diyos? Sapagkat ang Diyos ay hindi nagmula sa lupa, Siya ang Panginoon ng paglikha, at bagama't Siya ay may katawang-tao, hindi magkatulad ang diwa Niya at ng tao. Paano mo ihahanay ang Diyos na katulad ng uri ng nilalang ng Diyos? Si Abraham ay hindi maaaring kumatawan sa Diyos; siya ang pakay ng gawain ni Jehova nang panahong iyon, isa lamang siyang tapat na lingkod na sinang-ayunan ni Jehova, at isa siya sa bayan ng Israel. Paano siya magiging ninuno ni Jesus?

Sino ang sumulat ng talaangkanan ni Jesus? Si Jesus ba Mismo ang sumulat niyon? Personal bang sinabi ni Jesus sa kanila na, "Isulat ang Aking talaangkanan"? Itinala ito ni Mateo matapos ipako si Jesus sa krus. Sa panahong iyon, maraming nagawa si Jesus na hindi maunawaan ng Kanyang mga disipulo, at hindi Siya nagbigay ng anumang paliwanag. Nang makaalis na Siya, sinimulang mangaral at gumawa ng mga disipulo sa lahat ng dako, at para sa kapakanan ng yugtong iyon ng gawain, sinimulan nilang isulat ang mga liham at mga aklat ng ebanghelyo. Ang mga aklat ng ebanghelyo sa Bagong

Tipan ay naitala dalawampu hanggang tatlumpung taon matapos ipako sa krus si Jesus. Noon, Lumang Tipan lang ang binabasa ng bayan ng Israel. Ibig sabihin, sa simula ng Kapanahunan ng Biyaya, Lumang Tipan ang binabasa ng mga tao. Lumitaw lamang ang Bagong Tipan sa Kapanahunan ng Biyaya. Walang Bagong Tipan nang isagawa ni Jesus ang Kanyang gawain; itinala ang Kanyang gawain ng mga tao matapos Siyang mabuhay muli at umakyat sa langit. Noon lamang nagkaroon ng Apat na Ebanghelyo, karagdagan pa rito ang mga sulat nina Pablo at Pedro, gayundin ang Aklat ng Pahayag. Makalipas ang mahigit tatlong daang taon matapos umakyat si Jesus sa langit, mapiling tinipon ng mga sumunod na henerasyon ang mga dokumentong ito, at noon lamang nagkaroon ng Bagong Tipan ang Bibliya. Nagkaroon lang ng Bagong Tipan nang makumpleto ang gawaing ito; wala ito dati. Natapos ng Diyos ang lahat ng gawaing iyon, at sumulat si Pablo at ang iba pang mga apostol ng napakaraming sulat sa mga iglesia sa iba't ibang lugar. Pinagsama-sama ng mga taong sumunod sa kanila ang mga sulat nila, at idinagdag ang pinakadakilang pangitaing itinala ni Juan sa isla ng Patmos, kung saan ipinropesiya ang gawain ng Diyos ng mga huling araw. Ginawa ng mga tao ang pagkakasunud-sunod na ito, na iba kaysa mga pagbigkas sa ngayon. Ang nakatala ngayon ay ayon sa mga hakbang ng gawain ng Diyos; ang pinagkakaabalahan ng mga tao ngayon ay ang gawaing personal na isinakatuparan ng Diyos, at ang mga salitang personal Niyang binigkas. Ikaw—sangkatauhan—ay hindi kailangang makialam; ang mga salita, na tuwirang nagmula sa Espiritu, ay isinaayos nang paisa-isang hakbang, at naiiba sa pagsasaayos ng mga talaan ng tao. Masasabi na ang kanilang itinala ay ayon sa antas ng kanilang pinag-aralan at kakayahan ng tao. Ang kanilang itinala ay mga karanasan ng mga tao, at bawat isa ay may sariling paraan ng pagtatala at pag-alam, at bawat talaan ay naiiba. Kaya, kung sinasamba mo ang Bibliya bilang Diyos, napakamangmang at napakahangal mo! Bakit hindi mo hinahanap ang gawain ng Diyos sa ngayon? Gawain ng Diyos lamang ang makapagliligtas sa tao. Hindi maililigtas ng Bibliya ang tao, maaaring basahin ito ng mga tao nang ilang libong taon at wala pa ring magiging pagbabago sa kanila kahit katiting, at kung sinasamba mo ang Bibliya, hinding-hindi mo makakamtan ang gawain ng Banal na Espiritu. Ang dalawang yugto ng gawain ng Diyos sa Israel ay parehong nakatala sa Bibliya, kaya sa mga talaang ito ang lahat ng pangalan ay sa mga taga-Israel, at lahat ng pangyayari ay sa Israel; kahit ang pangalang “Jesus” ay pangalang Israelita. Kung patuloy mong binabasa ang Bibliya ngayon, hindi ka ba sumusunod sa kaugalian? Ang nakatala sa Bagong Tipan ng Bibliya ay may kinalaman sa Judea. Ang orihinal na teksto ay parehong nasa wikang Griyego at Hebreo, at ang pangalan kung saan Siya tinawag at ang mga salita ni Jesus noon ay kabilang na lahat sa wika ng tao. Nang ipako Siya sa krus, sinabi ni Jesus: “Eli, Eli, lama sabachthani?” Hindi ba’t Hebreo ito? Ito ay dahil lang sa nagkatawang-tao si Jesus sa Judea, pero hindi nito pinatutunayan na ang Diyos ay Hudyo. Ngayon, naging tao ang Diyos sa Tsina, kaya nga lahat ng bagay na sinasabi Niya ay walang-dudang nasa wikang Tsino. Gayon pa man hindi ito maikukumpara sa wikang Tsino na isinalin mula sa Bibliya, dahil iba

ang pinagmulan ng mga salitang ito: Ang isa ay mula sa Hebreo na itinala ng mga tao, at ang isa ay mula sa tuwirang pagbigkas ng Espiritu. Paanong hindi nagkaroon ng anumang pagkakaiba?

Tungkol sa Bibliya 4

Maraming tao ang naniniwala na ang pag-unawa at kakayahang magbigay-kahulugan sa Bibliya ay tulad ng pagkasumpong sa tunay na daan—ngunit sa katunayan, ganoon ba talaga kasimple ang mga bagay-bagay? Walang sinumang nakakaalam sa realidad ng Bibliya: na ito’y wala nang iba kundi isang talaan ng kasaysayan ng gawain ng Diyos, at isang patotoo sa nakaraang dalawang yugto ng gawain ng Diyos, at na hindi ito nagbibigay sa iyo ng pagkaunawa sa mga minimithi ng gawain ng Diyos. Alam ng lahat na nakabasa na sa Bibliya na idinodokumento nito ang dalawang yugto ng gawain ng Diyos noong Kapanahunan ng Kautusan at Kapanahunan ng Biyaya. Isinasalaysay sa Lumang Tipan ang kasaysayan ng Israel at ang gawain ni Jehova mula sa panahon ng paglikha hanggang sa katapusan ng Kapanahunan ng Kautusan. Nakatala sa Bagong Tipan ang gawain ni Jesus sa lupa, na nasa Apat na Ebanghelyo, pati na rin ang gawain ni Pablo—hindi ba mga talaan ng kasaysayan ang mga ito? Ang pagbanggit ngayon sa mga bagay na lumipas na ang dahilan kaya kasaysayan ang mga ito, at hindi mahalaga kung gaano katotoo o tunay ang mga ito, ang mga ito ay kasaysayan pa rin—at ang kasaysayan ay hindi magpapatungkol sa kasalukuyan, sapagkat ang Diyos ay hindi lumilingon sa kasaysayan! Kaya kung iyo lamang nauunawaan ang Bibliya, at walang nauunawaan sa gawain na nilalayong isakatuparan ngayon ng Diyos, at kung naniniwala ka sa Diyos ngunit hindi mo hinahanap ang gawain ng Banal na Espiritu, kung gayon ay hindi mo nauunawaan kung ano ang ibig sabihin ng hanapin ang Diyos. Kung binabasa mo ang Bibliya upang pag-aralan ang kasaysayan ng Israel, upang saliksikin ang kasaysayan ng paglikha ng Diyos sa buong kalangitan at kalupaan, kung gayon ay hindi ka naniniwala sa Diyos. Ngunit ngayon, dahil naniniwala ka sa Diyos, at hinahangad mo ang buhay, dahil hinahangad mo ang pagkakilala sa Diyos, at hindi hinahangad ang mga walang-buhay na titik at doktrina, o ang pagkaunawa ng kasaysayan, dapat mong hanapin ang kalooban ng Diyos ngayon, at dapat mong hanapin ang direksyon ng gawain ng Banal na Espiritu. Kung ikaw ay isang arkeologo maaari mong mabasa ang Bibliya—ngunit ikaw ay hindi, ikaw ang isa sa mga naniniwala sa Diyos, at pinakamainam na hanapin mo ang kalooban ng Diyos sa ngayon. Sa pagbabasa ng Bibliya, ang pinakamauunawaan mo ay kaunti ng kasaysayan ng Israel, matututuhan mo ang tungkol sa mga buhay nina Abraham, David, at Moises, iyong malalaman kung paano nila sinamba si Jehova, kung paano sinunog ni Jehova ang mga kumalaban sa Kanya, at kung paano Siya nangusap sa mga tao ng kapanahunang iyon. Malalaman mo lamang ang tungkol sa gawain ng Diyos sa

nakaraan. Ang mga talaan ng Bibliya ay may kaugnayan sa kung paano sumamba ang unang mga tao ng Israel sa Diyos at nabuhay sa ilalim ng gabay ni Jehova. Dahil ang mga Israelita ay hinirang na mga tao ng Diyos, makikita mo sa Lumang Tipan ang katapatan ng lahat ng tao ng Israel kay Jehova, kung paanong ang lahat ng sumunod kay Jehova ay inalagaan at pinagpala Niya, matututuhan mo na noong gumawa ang Diyos sa Israel, Siya ay puno ng awa at pagmamahal, gayundin ay nagtataglay ng tumutupok na apoy, at na ang lahat ng Israelita, mula sa aba hanggang sa makapangyarihan, ay sumamba kay Jehova, kaya ang buong bansa ay pinagpala ng Diyos. Sa ganoong paraan naitala ang kasaysayan ng Israel na naitala sa Lumang Tipan.

Ang Bibliya ay isang tala ng kasaysayan ng gawain ng Diyos sa Israel, at nakasulat dito ang marami sa mga propesiya ng mga sinaunang propeta gayundin ang ilan sa mga pagbigkas ni Jehova sa Kanyang gawain sa panahong iyon. Kaya tinitingnan ng lahat ng tao ang aklat na ito na banal (sapagkat ang Diyos ay banal at dakila). Siyempre, ang lahat ng ito ay resulta ng kanilang paggalang kay Jehova at ng kanilang pagsamba sa Diyos. Ang mga tao ay sumasangguni sa aklat na ito sa ganitong paraan dahil lamang sa ang mga nilalang ng Diyos ay napakamapitagan at mapagmahal sa kanilang Lumikha, at mayroon pa ngang mga tumatawag sa aklat na ito na isang makalangit na aklat. Sa katunayan, ito ay isa lamang tala ng tao. Ito ay hindi personal na pinangalanan ni Jehova, ni hindi rin personal na ginabayan ni Jehova ang paglikha nito. Sa madaling salita, ang may-akda ng aklat na ito ay hindi ang Diyos, kundi mga tao. Ang Banal na Bibliya ay ang kagalang-galang na pamagat na ibinigay lamang dito ng tao. Ang pamagat na ito ay hindi pinagpasyahan ni Jehova at ni Jesus matapos Silang magtalakayan; ito ay isa lamang ideya ng tao. Sapagkat ang aklat na ito ay hindi isinulat ni Jehova, lalong hindi ni Jesus. Sa halip, ito ay mga salaysay ng maraming sinaunang propeta, mga apostol, at mga nakakakita ng pangitain, na tinipon ng mga sumunod na henerasyon bilang isang aklat ng sinaunang mga kasulatan na para sa mga tao ay tila lubhang banal, isang aklat na sa tingin nila ay naglalaman ng maraming hindi maarok at malalalim na misteryo na naghihintay matuklasan ng susunod na mga henerasyon. Dahil dito, ang mga tao ay naging mas lalong nagkaroon ng tendensiyang maniwala na ang aklat na ito ay isang makalangit na aklat. Dahil sa karagdagan ng Apat na Ebanghelyo at ng Aklat ng Pahayag, ang saloobin ng mga tao hinggil dito ay partikular na naiiba mula sa anumang iba pang libro, at kaya walang sinumang naglalakas-loob na himay-himayin itong “makalangit na aklat” na ito dahil ito ay masyadong “sagrado.”

Bakit, sa sandaling nababasa nila ang Bibliya, kayang makasumpong ng mga tao ng isang tamang landas ng pagsasagawa rito? Bakit kaya nilang matamo nang masagana ang hindi nila nauunawaan? Ngayon, hinihimay-himay Ko ang Bibliya sa ganitong paraan at hindi ito nangangahulugan na kinasusuklaman Ko ito, o itinatanggi Ko ang halaga nito bilang sanggunian. Ipinaliliwanag Ko at nililinaw ang likas na halaga at mga pinagmulan ng Bibliya sa iyo upang pigilan ka sa pananatiling walang alam. Dahil ang mga tao ay napakaraming pananaw tungkol sa Bibliya, at karamihan sa mga iyon

ay mali; ang pagbabasa ng Bibliya sa paraang ito ay hindi lamang humahadlang sa kanila mula sa pagkakaroon ng kung ano ang nararapat ngunit ang mas mahalaga ay pinipigilan nito ang gawain na Aking nilalayong isakatuparan. Napakalaking hadlang nito sa gawain ng hinaharap, at nagbibigay lamang ng mga balakid, hindi kapakinabangan. Kaya ang itinuturo Ko lamang sa iyo ay ang diwa at ang kuwentong napapaloob sa Bibliya. Hindi Ko sinasabi na huwag mong basahin ang Bibliya, o ipangalandakan mo na ito ay lubusang walang halaga, kundi magkaroon ka lamang ng wastong kaalaman at pananaw sa Bibliya. Huwag maging masyadong nakatuon sa isang panig lamang! Kahit na ang Bibliya ay isang aklat ng kasaysayan na isinulat ng mga tao, itinatala rin nito ang karamihan ng mga prinsipyo ng sinaunang mga banal at propeta sa paglilingkod sa Diyos, gayundin ang mga kamakailang karanasan ng mga apostol sa paglilingkod sa Diyos—lahat ng ito ay talagang nakita at nalaman ng mga taong ito, at maaaring magsilbi bilang sanggunian para sa mga tao ng kapanahunang ito sa paghahanap sa tunay na daan. Kaya, sa pagbabasa ng Bibliya ang mga tao ay makakatamo rin ng maraming daan ng buhay na hindi matatagpuan sa iba pang mga aklat. Ang mga daang ito ang mga daan ng buhay ng gawain ng Banal na Espiritu na naranasan ng mga propeta at apostol sa mga nagdaang kapanahunan, at karamihan sa mga salita ay mahalaga, at nakakapagbigay ng mga pangangailangan ng mga tao. Kaya nga ibig ng lahat ng tao na magbasa ng Bibliya. Dahil sa napakarami ng nakatago sa Bibliya, ang mga pananaw ng mga tao hinggil dito ay hindi tulad sa mga isinulat ng dakilang espirituwal na mga tao. Ang Bibliya ay isang talaan at tinipong mga karanasan at kaalaman ng mga taong naglingkod kina Jehova at Jesus sa luma at bagong kapanahunan, kaya nagtatamo ang mga sumunod na henerasyon ng maraming kaliwanagan, pagtanglaw, at mga landas ng pagsasagawa mula rito. Ang dahilan kung bakit ang Bibliya ay mas mataas kaysa sa mga isinulat ng sinumang dakilang espirituwal na tao ay sapagkat ang lahat ng kanilang mga isinulat ay hinango mula sa Bibliya, ang kanilang mga karanasan ay nagmula lahat sa Bibliya, at lahat sila ay nagpapaliwanag ng Bibliya. At bagaman ang mga tao ay maaaring makakuha ng panustos mula sa mga aklat ng sinumang dakilang espirituwal na tao, sinasamba pa rin nila ang Bibliya, dahil ito ay tila napakataas at napakalalim para sa kanila! Kahit na pinagsasama-sama ng Bibliya ang ilang aklat ng mga salita ng buhay, tulad ng mga liham ni Pablo at mga liham ni Pedro, at bagaman ang mga tao ay matutustusan at matutulungan ng mga librong ito, hindi na rin napapanahon ang mga librong ito, ang mga ito ay nabibilang pa rin sa lumang kapanahunan, at kahit na gaano kainam ang mga ito, ang mga ito ay angkop lamang para sa isang panahon, at hindi panghabang-panahon. Sapagkat ang gawain ng Diyos ay palaging umuunlad, at ito ay hindi maaaring basta na lamang tumigil sa panahon nina Pablo at Pedro, o palagiang mananatili sa Kapanahunan ng Biyaya kung saan si Jesus ay ipinako sa krus. Kaya ang mga aklat na ito ay angkop lamang para sa Kapanahunan ng Biyaya, hindi para sa Kapanahunan ng Kaharian ng mga huling araw. Ang mga ito ay makapagtutustos lamang para sa mga mananampalataya ng Kapanahunan ng Biyaya, hindi para sa mga

banal ng Kapanahunan ng Kaharian, at gaano man kainam ang mga ito, ang mga ito ay lipas pa rin. Ito ay kapareho ng gawain ni Jehova ng paglikha o ng Kanyang gawain sa Israel: Gaano man kadakila ang gawaing ito, ito pa rin ay hindi na napapanahon, at ang oras ay darating pa rin kung kailan ito ay tapos na. Ang gawain ng Diyos ay katulad din nito: Ito ay dakila, ngunit darating ang panahon kung kailan ay matatapos ito; hindi ito palagi ang mananatili sa gitna ng gawain ng paglikha, ni sa gitna ng pagpapako sa krus. Gaano man kapani-paniwala ang gawain ng pagpapako sa krus, gaano man kabisa ito sa pagdaig kay Satanas, ang gawain, kung tutuusin, ay gawain pa rin, at ang mga kapanahunan, kung tutuusin, ay mga kapanahunan pa rin; ang gawain ay hindi palaging mananatili sa gayon ding pundasyon, at hindi rin hindi nagbabago kailanman ang mga panahon, dahil mayroong paglikha at dapat maykaroon ng mga huling araw. Ito ay hindi maiiwasan! Kaya ngayon ang mga salita ng buhay sa Bagong Tipan—ang mga liham ng mga apostol, at ang Apat na Ebanghelyo—ay naging mga aklat ng kasaysayan, ang mga ito ay naging lumang mga almanak, at paano madadala ng lumang mga almanak ang mga tao sa bagong kapanahunan? Gaano man ang kakayahan ng mga almanak na ito sa pagbibigay ng buhay sa mga tao, gaano man ang kakayahan ng mga ito na akayin ang mga tao sa krus, hindi ba’t ang mga ito ay lipas na? Hindi ba nawalan na ang mga ito ng halaga? Kaya sinasabi Ko na hindi ka dapat pikit-matang naniniwala sa mga almanak na ito. Ang mga ito ay napakaluma, hindi ka madadala ng mga ito tungo sa bagong gawain, at maaaring pabigat lamang ang mga ito sa iyo. Hindi lamang sa hindi ka nito madadala tungo sa bagong gawain, at tungo sa bagong pagpasok, kundi dinadala ka ng mga ito tungo sa mga lumang simbahan ng mga relihiyon—at kung gayon, hindi ka ba paurong sa paniniwala mo sa Diyos?

Ang nakasulat sa Bibliya ay ang gawain ng Diyos sa Israel kasama ang ilan sa mga nagawa ng hinirang na mga tao ng Israel. Sa kabila ng katotohanan na nagkaroon ng pagpili ng mga bahaging isasama o aalisin, kahit na hindi sinang-ayunan ng Banal na Espiritu, wala pa rin Siyang sinisisi. Ang Bibliya ay kasaysayan ng Israel lamang, na kasaysayan din ng gawain ng Diyos. Ang mga tao, mga usapin, at mga bagay-bagay na nakatala rito ay tunay lahat, at wala sa mga ito ang nagtataglay ng pansagisag na kahulugan—siyempre, maliban sa mga hula nina Isaias, Daniel, at ibang mga propeta, o aklat ng mga pangitain ni Juan. Ang sinaunang bayan ng Israel ay may kaalaman at may kalinangan, at ang kanilang mga sinaunang kaalaman at kultura ay maituturing na nauuna, kaya ang kanilang isinulat ay mas mataas kaysa sa isinusulat ng mga tao sa ngayon. Bunga nito, hindi nakapagtataka na maisusulat nila ang mga librong ito, sapagkat si Jehova ay nakagawa ng napakaraming gawain sa kanila, at napakarami na ang nakita nila. Namasdan ni David ang mga gawa ni Jehova ng kanyang sariling mga mata, personal niyang dinanas ang mga ito, at nakita niya ang maraming tanda at mga kababalaghan, at kaya isinulat niya ang lahat ng mga awit na iyon bilang papuri sa mga gawa ni Jehova. Nagawa nilang isulat ang mga aklat na ito sa ilang kalagayan, hindi dahil sila ay may kakaibang talento. Pinuri nila si Jehova dahil Siya ay nakita nila. Kung

wala kayong nakikitang anuman kay Jehova, at wala kayong kamalay-malay na totoo Siya, paano ninyo Siya mapupuri? Kung hindi pa ninyo namasdan si Jehova, kung gayon ay hindi ninyo malalaman kung paano Siya purihin, ni sambahin Siya, lalong hindi ninyo magagawang sumulat ng mga kanta na nagbibigay-papuri sa Kanya, at kahit hinilingan kayong mag-imbento ng ilang gawa ni Jehova, hindi ninyo iyon magagawa. Kaya ninyong purihin at ibigin ngayon ang Diyos dahil na rin sa nakita na ninyo Siya, at naranasan na rin ang Kanyang gawain—at kung ang inyong kakayahan ay humuhusay, hindi ba’t magagawa rin ninyong magsulat ng mga tula bilang papuri sa Diyos gaya ni David?

Ang maunawaan ang Bibliya, ang maunawaan ang kasaysayan, ngunit hindi maunawaan kung ano ang ginagawa ng Banal na Espiritu ngayon—iyon ay mali! Napakahusay ng pag-aaral mo ng kasaysayan, nakagawa ka ng isang napakagaling na trabaho, ngunit wala kang nauunawaan sa gawain na ginagampanan ng Banal na Espiritu ngayon. Hindi ba’t ito ay kahangalan? Nagtatanong ang ibang tao sa iyo: “Ano ang ginagawa ng Diyos ngayon? Ano ang dapat mong pasukin sa ngayon? Kumusta na ang iyong paghahangad sa buhay? Naiintindihan mo ba ang kalooban ng Diyos?” Wala kang magiging tugon sa kanilang mga katanungan—kaya ano ang alam mo? Sasabihin mo: “Batid ko lamang na dapat akong tumalikod sa laman at kilalanin ang aking sarili.” At kapag sila ay magtatanong pagkatapos ng “Ano pa ang nababatid mo?” sasabihin mo na alam mo rin kung paano sumunod sa lahat ng pagsasaayos ng Diyos, at na nauunawaan mo nang kaunti ang kasaysayan ng Bibliya, at iyon lamang. Iyon lamang ba ang lahat na iyong nakamit mula sa paniniwala sa Diyos sa buong panahong ito? Kung iyon lamang ang lahat na nauunawaan mo, kung gayon ay napakalaki ng iyong kakulangan. Kaya ang inyong kasalukuyang tayog ay walang anumang kakayahan na makamit ang Aking mga hinihingi sa inyo, at ang mga katotohanang nauunawaan ninyo ay napakakaunti, pati na rin ang inyong kakayahang makita ang pagkakaiba-iba—ibig sabihin, ang inyong paniniwala ay napakababaw! Dapat kayong masangkapan ng higit pang mga katotohanan, kailangan ninyo ng karagdagang kaalaman, dapat kayong makakita ng higit pa, at sa ganitong paraan lamang ninyo magagawang mapalaganap ang ebanghelyo, sapagkat ito ang dapat ninyong makamit!

Pagsasagawa 1

Noong araw, napakaraming paglihis at kahangalan sa mga paraan na naranasan ng mga tao. Hindi nila talaga naunawaan ang mga pamantayan ng mga hinihingi ng Diyos, kaya maraming aspeto kung saan naging magulo ang mga karanasan ng mga tao. Ang hinihingi ng Diyos sa tao ay na maisabuhay nila ang normal na pagkatao. Halimbawa, hindi baleng sumunod ang mga tao sa mga makabagong kaugalian tungkol sa pagkain at pananamit, magsuot ng amerikana at kurbata, matuto nang kaunti tungkol sa

makabagong sining, at sa kanilang libreng oras ay maaari silang masiyahan sa sining, kultura at libangan. Maaari silang kumuha ng ilang di-malilimutang larawan, magbasa at magkamit ng ilang kapaki-pakinabang na kaalaman, at magkaroon ng isang tirahang medyo maganda ang kapaligiran. Lahat ng bagay na ito ay naaangkop sa buhay ng normal na pagkatao, gayunpama'y itinuturing ng mga tao ang mga ito bilang mga bagay na kinamumuhian ng Diyos at nagpipigil silang gawin mismo ang mga ito. Ang kanilang pagsasagawa ay binubuo lamang ng pagsunod sa ilang panuntunan, na humahantong sa isang buhay na matamlay na tulad ng tubig-kanal at ganap na walang kahulugan. Sa katunayan, hindi kailanman hiniling ng Diyos na gawin ng mga tao ang mga bagay-bagay sa ganitong paraan. Nais ng lahat ng tao na bawasan ang kanilang sariling disposisyon, na walang tigil na nagdarasal sa kanilang kalooban na mas mapalapit sa Diyos, palaging pinagninilayan sa kanilang isipan kung ano ang binabalak ng Diyos, palaging nagmamasid ang kanilang mga mata sa ganito at ganyan, sa malaking takot na kahit paano ay maputol ang kanilang kaugnayan sa Diyos. Lahat ng ito ay sariling konklusyon ng mga tao mismo; mga panuntunan ang mga ito na itinakda ng mga tao para sa kanilang sarili. Kung hindi mo kilala ang sarili mong likas na pagkatao at diwa at hindi mo nauunawaan kung anong antas ang maaabot ng iyong sariling pagsasagawa, mawawalan ka ng paraan para matiyak kung ano talaga ang mga pamantayang hinihingi ng Diyos sa tao, at ni hindi ka magkakaroon ng tumpak na landas ng pagsasagawa. Dahil hindi mo maunawaan kung ano talaga ang hinihingi ng Diyos sa tao, laging naguguluhan ang iyong isipan, at pinipiga mo ang utak mo sa pagsusuri sa mga layunin ng Diyos at nangangapa ka sa paghahanap ng paraan para maantig at maliwanagan ng Banal na Espiritu. Dahil dito, natututo ka ng ilang paraan ng pagsasagawa na pinaniniwalaan mong angkop. Wala ka talagang ideya kung ano talaga ang hinihingi ng Diyos sa tao; basta masigla mo lamang na isinasagawa ang sarili mong kalipunan ng mga pagsasagawa, na walang masyadong pakialam sa kalalabasan at lalo na kung mayroon mang mga paglihis o pagkakamali sa iyong pagsasagawa. Sa ganitong paraan, natural na hindi tumpak at walang prinsipyo ang iyong pagsasagawa. Ang partikular na kulang dito ay ang normal na katwiran at konsiyensya ng tao, gayundin ang papuri ng Diyos at pagpapatibay ng Banal na Espiritu. Nagiging lubos na napakadaling tahakin na lamang ang iyong sariling landasin. Ang ganitong uri ng pagsasagawa ay pagsunod lamang sa mga panuntunan o sadyang pagtanggap ng mas maraming pasanin upang higpitan at kontrolin ang iyong sarili. Subalit iniisip mo na talagang tama ang iyong pagsasagawa, nang hindi nalalaman na karamihan ng iyong pagsasagawa ay binubuo ng di-kailangang mga proseso o pagtalima. Maraming nagsasagawa na kagaya nito sa loob ng maraming taon na wala man lang pagbabago sa kanilang mga disposisyon, walang bagong pagkaunawa, at walang bagong pagpasok. Hindi nila alam na muli nilang nagagawa ang dati nilang mga pagkakamali at ganap nilang pinapayagang manaig ang kanilang likas na kalupitan, maging hanggang sa punto kung saan maraming beses na di-makatwiran at di-makatao ang kanilang mga ginagawa, at kumikilos sila sa mga

paraan na naiiwang naguguluhan at litung-lito ang mga tao. Masasabi ba na nagbago na ang disposisyon ng gayong mga tao?

Ngayon, ang paniniwala sa Diyos ay nakapasok na sa Kapanahunan ng Salita ng Diyos. Kung ikukumpara, hindi na madalas manalangin ang mga tao ngayon na tulad ng dati; tahasang naiparating ng mga salita ng Diyos ang lahat ng aspeto ng katotohanan at mga paraan ng pagsasagawa, kaya hindi na kailangang maghanap at mangapa ang mga tao. Sa buhay sa Kapanahunan ng Kaharian, mga salita ng Diyos ang umaakay sa mga tao pasulong, at ito ay isang buhay kung saan lahat ay ginawang malinaw para makita nila—sapagkat tahasan nang nailatag ng Diyos ang lahat, at hindi na naiiwang nangangapa ang tao sa buhay. Tungkol sa pag-aasawa, mga makamundong usapin, buhay, pagkain, pananamit at kanlungan, mga pakikipag-ugnayan sa iba, kung paano makapaglilingkod ang isang tao sa paraang tumutugon sa kalooban ng Diyos, kung paano dapat talikdan ng isang tao ang tawag ng laman, at iba pa, alin sa mga bagay na ito ang hindi naipaliwanag ng Diyos sa inyo? Kailangan pa ba ninyong manalangin at maghanap? Hindi na talaga kailangan! Kung ginagawa mo pa rin ang mga bagay na ito, kalabisan na lamang ang ginagawa mo. Ito ay kamangmangan at kahangalan, at lubos na hindi kailangan! Mga tao lamang na walang-walang kakayahan at hindi maunawaan ang mga salita ng Diyos ang walang-tigil na sumasambit ng mga hangal na panalangin. Ang susi sa pagsasagawa ng katotohanan ay kung determinado ka ba o hindi. Iginigiit ng ilang tao na sundin ang tawag ng kanilang laman sa kanilang mga kilos kahit alam nila na hindi ito naaayon sa katotohanan. Ito kung gayon ay nakahahadlang sa kanilang sariling pag-unlad sa buhay, at kahit pagkatapos manalangin at maghanap ay nais pa rin nilang sundin ang tawag ng laman. Sa paggawa nito, hindi ba sadya silang nagkakasala? Tulad ng mga nagnanasa sa mga kasiyahan ng laman at sabik sa pera, at pagkatapos ay nagdarasal sa Diyos, na nagsasabing: “Diyos ko! Papayagan Mo ba akong magnasa sa mga kasiyahan ng laman at sa kayamanan? Kalooban Mo ba na kumita ako ng pera sa ganitong paraan?” Angkop ba ang paraang ito ng pagdarasal? Alam na alam ng mga taong gumagawa nito na hindi natutuwa ang Diyos sa mga bagay na ito, at na dapat nilang bitawan ang mga ito, ngunit ang mga bagay na nasa puso nila ay natukoy na, at kapag nagdarasal at naghahanap sila ay sinusubukan nilang pilitin ang Diyos na payagan silang kumilos sa ganitong paraan. Sa puso nila, maaari pa nilang hilingin na may sabihin ang Diyos para patunayan ito—ito ang tinatawag na pagiging mapaghimagsik. Mayroon ding mga nagdadala sa mga kapatid sa iglesia tungo sa kanilang panig at nagtatayo ng kanilang sariling malalayang kaharian. Lubos mong nalalaman na ang ganitong mga pagkilos ay sumasalungat sa Diyos, ngunit kapag determinado kang gumawa ng isang bagay na gaya nito, patuloy ka pa ring naghahanap at nagdarasal sa Diyos, nang kalmado at walang takot. Napaka-walanghiya at napakakapal naman ng mukha mo! Tungkol sa pagtalikod sa mga makamundong bagay, matagal na itong napag-usapan. May ilan na malinaw na nakakaalam na kinamumuhian ng Diyos ang mga makamundong bagay, subalit nagdarasal pa rin, na nagsasabing: “Diyos ko!

Nauunawaan ko na ayaw Mo akong makiayon sa mga makamundong bagay, ngunit ginagawa ko ito hindi upang magdala ng kahihiyan sa Iyong pangalan; ginagawa ko ito upang makita ng mga makamundong tao ang Iyong kaluwalhatian sa akin.” Anong klaseng panalangin ito? Masasabi ba ninyo? Isang panalangin ito na nilayong pilitin at gipitin ang Diyos. Hindi ka ba nahihiyang manalangin sa ganitong paraan? Ang mga taong nagdarasal sa ganitong paraan ay sadyang sumasalungat sa Diyos, at ang uring ito ng panalangin ay ganap na isang bagay na kaduda-duda ang mga motibo; talagang ito ay isang pagpapahayag ng satanikong disposisyon. Napakalinaw ng mga salita ng Diyos, lalo na ang mga ipinahayag tungkol sa Kanyang kalooban, Kanyang disposisyon, at kung paano Niya tinatrato ang iba’t ibang uri ng mga tao. Kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan, dapat mong higit na basahin ang mga salita ng Diyos—mas mabuti ang mga resulta ng paggawa nito kaysa sa bulag na pagdarasal at paghahanap. Maraming pagkakataon kung saan ang paghahanap at pagdarasal ay dapat palitan ng higit pang pagbabasa ng mga salita ng Diyos at pagbabahaginan tungkol sa katotohanan. Sa iyong regular na mga dalangin, dapat kang magnilay-nilay at subukan mong mas kilalanin ang iyong sarili mula sa nakasaad sa mga salita ng Diyos. Mas kapaki-pakinabang ito para sa iyong pag-unlad sa buhay. Kung naghahanap ka pa rin ngayon sa pamamagitan ng pagtingin sa langit, hindi ba iyon nagpapakita na naniniwala ka pa rin sa isang malabong Diyos? Dati-rati, nakita mo ang mga resulta mula sa iyong paghahanap at pagdarasal, at kahit paano ay naantig ng Banal na Espiritu ang iyong espiritu dahil panahon iyon ng Kapanahunan ng Biyaya. Hindi mo makita ang Diyos, kaya wala kang nagawa kundi mangapa at maghanap sa gayong paraan. Ngayo’y naparito na ang Diyos sa mga tao, nagpakita na ang Salita sa katawang-tao, at nakita mo na ang Diyos; sa gayon ay hindi na gumagawa ang Banal na Espiritu na tulad ng dati. Nagbago na ang kapanahunan at gayundin ang paraan kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu. Bagama’t maaaring hindi na nagdarasal ang mga tao nang kasindalas ng dati, dahil ang Diyos ay nasa lupa, may pagkakataon na ngayon ang tao na mahalin ang Diyos. Nakapasok na ang sangkatauhan sa kapanahunan ng pagmamahal sa Diyos at maaari nang normal na mas mapalapit sa Diyos sa kanilang kalooban: “Diyos ko! Talagang napakabuti Mo, at nais kong mahalin Ka!” Ilang malinaw at simpleng salita lamang ang nagpapahayag ng pagmamahal sa Diyos sa puso ng mga tao; ang panalangin ito ay sinasambit lamang para mapalalim ang pagmamahal sa pagitan ng tao at ng Diyos. Kung minsa’y maaari mong makita ang iyong sarili na nagpapamalas ng kaunting pagkasuwail, at nagsasabi: “Diyos ko! Bakit masyado akong tiwali?” Nakadarama ka ng matinding pagnanais na sampalin nang ilang beses ang iyong sarili, at bumabalong ang luha sa iyong mga mata. Sa gayong mga pagkakataon, nakadarama ka ng pagsisisi at pagkabalisa sa puso mo, ngunit wala kang paraan para ipahayag ang mga damdaming ito. Ito ang kasalukuyang gawain ng Banal na Espiritu, ngunit ang mga naghahangad lamang ng buhay ang makatatamo nito. Nadarama mo na malaki ang pagmamahal sa iyo ng Diyos at may nadarama kang espesyal. Bagama’t wala kang mga salita para

makapagdasal nang malinaw, lagi mong nadarama na ang pagmamahal ng Diyos ay kasinglalim ng karagatan. Walang angkop na mga salita para ipahayag ang kalagayang ito, at ito ay isang kalagayang madalas manggaling sa loob ng espiritu. Ang ganitong klaseng panalangin at pagbabahaginan, na naglalayon na mas mapalapit ang isang tao sa Diyos sa kanyang puso, ay normal.

Bagama't lipas na ang panahon na kinailangan ng mga tao na mangapa at maghanap, hindi ito nangangahulugan na hindi na nila kailangang manalangin at maghanap, ni hindi ito nangangahulugan na hindi kailangang hintayin ng mga tao na ihayag ng kalooban ng Diyos ang sarili nito mismo bago magpatuloy sa gawain; mga maling palagay lamang ng tao ang mga ito. Naparito ang Diyos sa mga tao upang mamuhay sa piling nila, maging kanilang liwanag, kanilang buhay, at kanilang daan: Ito ay totoo. Mangyari pa, sa pagparito ng Diyos sa mundo, tiyak na dinadalhan Niya ang sangkatauhan ng isang praktikal na daan at buhay na nababagay sa kanilang tayog para kanilang tamasahin—hindi Siya naparito upang sirain ang lahat ng paraan ng pagsasagawa ng tao. Hindi na nabubuhay ang tao sa pangangapa at paghahanap dahil napalitan na ang mga ito ng pagparito ng Diyos sa lupa upang gumawa at sambitin ang Kanyang salita. Naparito Siya upang palayain ang tao mula sa buhay ng kadiliman at kalabuan na kanilang tinatahak at tulungan silang magkaroon ng isang buhay na puno ng liwanag. Ang kasalukuyang gawain ay upang ituro nang malinaw ang mga bagay, magsalita nang malinaw, magpabatid nang tuwiran, at ipaliwanag ang mga bagay-bagay nang tahasan, upang maisagawa ng mga tao ang mga bagay na ito, kagaya ng pag-akay ng Diyos na si Jehova sa mga tao ng Israel, na sinasabi sa kanila kung paano mag-alay ng mga sakripisyo at kung paano itayo ang templo. Samakatuwid, hindi na kayo kailangang mamuhay nang may marubdob na paghahanap gaya ng inyong ginawa matapos lumisan ang Panginoong Jesus. Dapat ba kayong mangapa sa gawaing ipalaganap ang ebanghelyo sa hinaharap? Dapat ba kayong mangapa sa paghahanap ng wastong paraan para mabuhay? Kailangan ba kayong mangapa para mawari kung paano ninyo dapat gampanan ang inyong sariling mga tungkulin? Kailangan ba kayong magpatirapa sa lupa, na naghahanap, upang malaman kung paano kayo dapat magpatotoo? Kailangan ba kayong mag-ayuno at manalangin para malaman kung paano kayo dapat manamit o mamuhay? Kailangan ba kayong manalangin sa Diyos sa langit nang walang patid para malaman kung paano ninyo dapat tanggapin ang malupig ng Diyos? Kailangan ba kayong manalangin palagi, araw at gabi, para malaman kung paano ninyo dapat sundin ang Diyos? Marami sa inyo ang nagsasabi na hindi kayo makapagsagawa dahil hindi ninyo nauunawaan. Hindi lang talaga nagbibigay-pansin ang mga tao sa gawain ng Diyos sa panahong ito! Maraming salita na Akong nasabi noong unang panahon, ngunit kailanma'y hindi ninyo binigyang-pansin na basahin ang mga ito, kaya hindi nakapagtataka na hindi ninyo alam kung paano magsagawa. Mangyari pa, sa kapanahunan ngayon inaantig pa rin ng Banal na Espiritu ang mga tao para tulutan silang makadama ng kasiyahan, at namumuhay Siya na kasama ng tao. Ito ang pinagmumulan ng espesyal

at nakasisiyang mga damdaming iyon^a na madalas mangyari sa iyong buhay. Paminsan-minsan, dumarating ang araw na nadarama mo na lubhang kaibig-ibig ang Diyos at hindi mo mapigilang manalangin sa Kanya: “Diyos ko! Napakaganda ng Iyong pagmamahal at napakadakila ng Iyong imahe. Nais kong mahalin Ka nang mas mataimtim. Nais kong ilaan ang aking buong sarili para gugulin ang aking buong buhay. Ihahandog ko ang lahat sa Iyo, basta’t para sa Iyo, basta’t sa paggawa nito ay magagawa kong mahalin Ka....” Ito ay damdamin ng kasiyahan na ibinigay sa iyo ng Banal na Espiritu. Hindi ito kaliwanagan, ni hindi ito pagtanglaw; karanasan ito na maantig. Ang mga karanasang kapareho nito ay mangyayari paminsan-minsan: Kung minsan habang papunta ka sa trabaho mo, magdarasal ka at mapapalapit sa Diyos, at maaantig ka hanggang sa mabasa ng luha ang iyong mukha at hindi mo mapipigil ang iyong sarili, at masasabik kang makahanap ng isang angkop na lugar kung saan maipapahayag mo ang lahat ng init sa loob ng puso mo.... Magkakaroon ng mga pagkakataon na nasa isa kang pampublikong lugar, at madarama mo na masyado kang nasisiyahan sa pagmamahal ng Diyos, na ang iyong kapalaran ay hindi karaniwan, at na bukod pa ryan ay nabubuhay ka nang mas makabuluhan kaysa kaninuman. Lubos mong malalaman na itinaas ka na ng Diyos at na ito ang dakilang pagmamahal ng Diyos para sa iyo. Sa kaibuturan ng iyong puso madarama mo na may isang uri ng pagmamahal sa Diyos na di-maipahayag at di-maarok ng tao, na para bang alam mo ito ngunit walang paraan para ilarawan ito, na lagi kang pinatitigil sandali para mag-isip ngunit iniwan kang hindi ito maipahayag nang lubusan. Sa mga panahong kagaya nito, malilimutan mo pa nga kung nasaan ka, at mananawagan ka: “Diyos ko! Napakahirap Mong arukin at mahal na mahal Kita!” Magugulumihanan ang mga tao dahil dito, ngunit lahat ng gayong bagay ay medyo madalas mangyari. Napakaraming beses na ninyong naranasan ang ganitong klaseng bagay. Ito ang buhay na naibigay sa iyo ngayon ng Banal na Espiritu at ang buhay na dapat mong ipinamumuhay ngayon. Hindi ito para pigilan ka sa pamumuhay, kundi sa halip ay para baguhin ang paraan ng iyong pamumuhay. Isang damdamin ito na hindi maaaring ilarawan o ipahayag. Ito rin ang tunay na damdamin ng tao at, higit pa rito, ito ang gawain ng Banal na Espiritu. Maaaring nauunawaan mo ito sa puso mo, ngunit wala ka man lamang paraan para ipahayag ito nang malinaw kaninuman. Hindi ito dahil sa mabagal kang magsalita o na nauutal ka, kundi dahil isang uri ito ng damdamin na hindi mailalarawan sa mga salita. Pinapayagan kang tamasahin ang mga bagay na ito ngayon, at ito ang buhay na dapat mong ipamuhay. Mangyari pa, ang ibang aspeto ng iyong buhay ay hindi hungkag; kaya lamang ay nagiging isang klase ng kagalakan sa buhay mo ang karanasang ito na maantig na nagiging dahilan para lagi kang maging handang tamasahin ang gayong mga karanasan mula sa Banal na Espiritu. Ngunit dapat mong malaman na ang maantig sa ganitong paraan ay hindi nangyayari upang mahigitan mo ang laman at makapunta ka sa ikatlong langit o makapaglakbay sa buong mundo. Sa

^a Ang nakasaad sa orihinal na teksto ay “Ito ang ilan.”

halip, ito ay upang madama at matikman mo ang pagmamahal ng Diyos na tinatamasa mo ngayon, maranasan ang kahalagahan ng gawain ng Diyos ngayon, at muling makilala ang pangangalaga at proteksyon ng Diyos. Lahat ng bagay na ito ay upang magkaroon ka ng higit na kaalaman tungkol sa gawaing ginagawa ng Diyos ngayon—ito ang layunin ng Diyos sa paggawa ng gawaing ito.

Paghahanap at pangangapa ang paraan ng pamumuhay bago nagkatawang-tao ang Diyos. Sa panahong iyon ay hindi nakikita ng mga tao ang Diyos kaya wala silang nagawa kundi maghanap at mangapa. Sa ngayo'y nakita mo na ang Diyos at sinasabi Niya sa iyo nang tuwiran kung paano ka dapat magsagawa; ito ang dahilan kaya hindi mo na kailangang mangapa o maghanap. Ang landas na pinatatahak Niya sa tao ay ang daan ng katotohanan, at ang mga bagay na sinasabi Niya sa tao at tinatanggap ng taong iyon ay ang buhay at ang katotohanan. Nasa iyo ang daan, ang buhay at ang katotohanan, kaya bakit pa kailangang maghanap kahit saan? Hindi gagawin ng Banal na Espiritu ang dalawang yugto ng gawain nang sabay. Kung, kapag natapos Ko nang sambitin ang Aking salita, hindi kinakain at iniinom na mabuti ng mga tao ang mga salita ng Diyos at hinahanap ang katotohanan nang wasto, na kumikilos pa rin na tulad ng kanilang ginawa sa Kapanahunan ng Biyaya, nangangapa na parang bulag, palaging nagdarasal at naghahanap, hindi ba iyon mangangahulugan na ang yugtong ito ng Aking gawain—ang gawain ng mga salita—ay ginagawa nang walang kabuluhan? Bagama't maaaring natapos Ko nang sambitin ang Aking salita, hindi pa rin lubos na nakakaunawa ang mga tao, at ito ay dahil wala silang kakayahan. Ang problemang ito ay maaaring malutas sa pamamagitan ng pamumuhay ng buhay-iglesia at sa pagbabahaginan sa isa't isa. Dati-rati, sa Kapanahunan ng Biyaya, bagama't nagkatawang-tao ang Diyos, hindi Niya ginawa ang gawain ng mga salita, kaya nga gumawa ang Banal na Espiritu sa gayong paraan sa panahong iyon upang mapanatili ang gawain. Noo'y ang Banal na Espiritu ang pangunahing gumawa ng gawain, ngunit ngayon ay ang Diyos Mismo na nagkatawang-tao ang gumagawa nito, na pumalit sa lugar ng gawain ng Banal na Espiritu. Dati-rati, hangga't madalas na nanalangin ang mga tao, nakaranas sila ng kapayapaan at kagalakan; mayroong pagsisisi gayundin ng disiplina. Ito ang lahat ng gawain ng Banal na Espiritu. Kakaunti at bibihira ngayon ang mga kalagayang ito. Ang Banal na Espiritu ay kaya lamang gumawa ng isang uri ng gawain sa anumang kapanahunan. Kung sabay Niyang ginawa ang dalawang uri ng gawain, na ginagawa ng katawang-tao ang isang uri at ginagawa ng Banal na Espiritu ang isa pang uri sa kalooban ng mga tao, at kung ang sinabi ng katawang-tao ay hindi pinahalagahan at ang ginawa lamang ng Espiritu ang pinahalagahan, walang masasabing anumang katotohanan, daan, o buhay si Cristo. Magiging pagsalungat ito sa sarili. Maaari bang gumawa nang ganito ang Banal na Espiritu? Ang Diyos ay makapangyarihan at marunong sa lahat, banal at matuwid, at talagang hindi Siya gumagawa ng anumang mga pagkakamali.

Napakaraming paglihis at pagkakamali sa nakaraang mga karanasan ng mga tao. May ilang bagay na nilayong taglayin o gawin ng mga taong may normal na pagkatao, o

may mga pagkakamaling mahirap iwasan sa buhay ng tao, at kapag hindi mahusay ang pagharap sa mga bagay na ito, ipinapasa ng mga tao ang responsibilidad sa Diyos para dito. Mayroong isang sister na nagkaroon ng mga panauhin sa kanyang tahanan. Hindi niya napasingawan nang tama ang kanyang mga siopao, kaya naisip niya: “Baka pagdidisiplina ito ng Diyos. Iwinawastong muli ng Diyos ang puso kong hambog; talatang napakatindi ng kahambugan ko.” Sa totoo lang, pagdating sa normal na paraan ng pag-iisip ng tao, kapag dumarating ang mga panauhin, natutuwa ka at nagmamadali, magulo ang lahat ng ginagawa mo, kaya nga malamang na kung hindi man masunog ang sinaing, masyado namang maalat ang mga ulam. Nangyayari ito kapag masyado kang sabik, ngunit sa huli ay itinuturing ito ng mga tao na “pagdidisiplina ng Diyos.” Sa katunayan, lahat ng ito ay mga pagkakamali lamang na nagawa sa buhay ng tao. Hindi ba madalas ka ring makararanas ng ganitong uri ng bagay kung hindi ka naniwala sa Diyos? Ang mga problemang dumarating ay kadalasang resulta ng mga pagkakamaling nagawa ng mga tao—hindi talaga kagagawan ng Banal na Espiritu ang mga pagkakamaling ito. Ang gayong mga pagkakamali ay walang kinalaman sa Diyos. Tulad ng kapag nakagat mo ang dila mo habang kumakain—pagdidisiplina kaya iyon ng Diyos? Ang pagdidisiplina ng Diyos ay may mga prinsipyo at karaniwang nakikita kapag sadya kang nagkakasala. Didisiplinahin ka lamang Niya kapag gumagawa ka ng mga bagay na nasasangkot ang pangalan ng Diyos o may kinalaman sa Kanyang patotoo o gawain. Nauunawaan ng mga tao nang sapat ang katotohanan ngayon para magkaroon ng kamalayan sa kanilang kalooban tungkol sa mga bagay na kanilang ginagawa. Halimbawa: Posible bang wala kang maramdaman kung nilustay mo ang pera ng iglesia o ginugol ito nang walang ingat? May madarama ka habang ginagawa mo iyon. Imposibleng may maramdaman ka lamang kapag nagawa mo na ang isang bagay. Malinaw sa puso mo ang mga bagay na ginagawa mo na laban sa iyong konsiyensya. Dahil may sariling mga kagustuhan at pagkiling ang mga tao, nagpapakasala lamang sila kahit alam na alam nila kung paano isagawa ang katotohanan. Sa gayon, pagkatapos nilang gawin ang isang bagay, wala silang nadaramang pagsisisi o nararanasang anumang malinaw na pagdidisiplina. Ito ay dahil sadya silang gumawa ng pagkakasala, kaya hindi sila dinidisciplina ng Diyos; kapag dumating ang panahon ng matuwid na paghatol, mapapasa bawat tao ang pagpaparusa ng Diyos ayon sa kanilang mga kilos. Sa kasalukuyan ay may ilang tao sa iglesia na naglulustay ng pera, ilan na hindi nagpapanatili ng malinaw na hangganan sa pagitan ng mga lalaki at mga babae, at ilan na nanghuhusga, sumusuway at nagtatangkang buwagin nang lihim ang gawain ng Diyos. Bakit maayos pa rin ang lahat sa kanila? Kapag gumagawa ng gayong mga bagay, mayroon silang kamalayan at nakadarama ng pagsisisi sa kanilang puso at dahil dito ay dumaranas sila kung minsan ng pagkastigo at pagpipino, ngunit talagang napakawalanghiya nila! Kagaya ng kapag gumagawa ng kahalayan ang mga tao—alam nila ang kanilang ginagawa sa oras na iyon, ngunit napakalala ng kanilang pagnanasa at hindi nila makontrol ang kanilang sarili. Kahit disiplinahin sila ng Banal na Espiritu, mawawalan iyon ng saysay, kaya hindi magdidisciplina

ang Banal na Espiritu. Kung hindi sila dinidisciplina ng Banal na Espiritu noon, kung wala silang nadaramang pagsisisi at walang nangyayari sa kanilang laman, ano pang pagsisisi ang mangyayari pagkatapos? Ang nagawa ay nagawa na—ano pang pagdidisiplina ang mangyayari? Pinatutunayan lamang nito na napakawalanghiya nila at hindi sila makatao, at na nararapat silang sumpain at parusahan! Hindi gumagawa ang Banal na Espiritu nang hindi kailangan. Kung alam na alam mo ang katotohanan ngunit hindi mo ito isinasagawa, kung may kakayahan kang gumawa ng anumang kasamaan, ang maaari mo lamang hintayin ay ang pagdating ng araw na parurusahan ka na kasama ng masama. Ito ang pinakamainam na katapusan para sa iyo! Paulit-ulit Ko na ngayong naipangaral ang tungkol sa konsiyensya, na siyang pinakamababang pamantayan. Kung walang konsiyensya ang mga tao, nawala na sa kanila ang pagdidisiplina ng Banal na Espiritu; nagagawa nila ang anumang gusto nila at hindi sila pinapansin ng Diyos. Malalaman ito ng mga taong talagang may konsiyensya at katinuan kapag gumagawa sila ng isang bagay na mali. Hindi sila mapapakali kapag nakaramdam sila ng kaunting pagsisisi sa kanilang konsiyensya; magtatalo ang kanilang kalooban at sa huli ay tatalikdan nila ang laman. Hindi sila aabot sa punto na gumagawa sila ng isang bagay na lubhang salungat sa Diyos. Dinidisciplina at kinakastigo man sila ng Banal na Espiritu, lahat ng tao ay may madarama kapag gumagawa sila ng isang bagay na mali. Samakatuwid, nauunawaan na ngayon ng mga tao ang lahat ng uri ng katotohanan at kung hindi nila isinasagawa ang mga iyon ay problema ng tao iyon. Hindi Ako tumutugon sa mga taong kagaya nito sa anumang paraan, ni wala Akong anumang inaasam para sa kanila. Magagawa mo kung ano ang gusto mo!

Kapag nagtitipun-tipon ang ilang tao, isinasantabi nila ang salita ng Diyos at pinag-uusapan palagi kung ano ang mga katangian ng taong ito o iyon. Mangyari pa, mainam na medyo makahiwatig, para saan ka man magpunta ay hindi ka madaling malililang, ni hindi ka madaling madadaya o maloloko—isang aspeto rin ito na dapat taglayin ng mga tao. Ngunit huwag kang magtuon sa aspetong ito lamang. Tumutukoy ito sa negatibong panig ng mga bagay-bagay, at hindi maaari na palaging nakatuon ang mga mata mo sa ibang mga tao. Kakaunti ang kaalaman mo ngayon kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu, napakababaw ng paniniwala mo sa Diyos, at kakaunti ang mga positibong bagay na taglay mo. Ang pinaniniwalaan mo ay ang Diyos, at ang kailangan mong unawain ay ang Diyos, hindi si Satanas. Kung ang nakikilala mo lamang ay kung paano gumagawa si Satanas at ang lahat ng paraan kung paano gumagawa ang masasamang espiritu, ngunit wala kang anumang alam tungkol sa Diyos, ano ang kabuluhan noon? Hindi ba ang Diyos ang pinaniniwalaan mo ngayon? Bakit hindi kasama sa kaalaman mo ang mga positibong bagay na ito? Hindi mo talaga pinapansin ang positibong aspeto ng pagpasok, ni wala kang pagkaunawa tungkol dito, kaya ano ba talaga ang gusto mong matamo sa iyong pananampalataya? Hindi mo ba alam kung paano ka dapat naghahangad? Marami kang alam tungkol sa mga negatibong aspeto, ngunit wala kang alam tungkol sa positibong aspeto ng pagpasok, kaya paano pa lalago ang iyong tayog?

Ano ang mga maaasam sa pag-unlad sa hinaharap ng isang taong katulad mo na walang ibang bukambibig kundi ang pakikidigma kay Satanas? Hindi ba lipas na sa panahon ang iyong pagpasok? Ano ang mapapala mo mula sa kasalukuyang gawain sa paggawa nito? Ang mahalaga ngayon ay ang maunawaan mo kung ano ang nais gawin ng Diyos ngayon, paano dapat makitulong ang tao, paano nila dapat mahalin ang Diyos, paano nila dapat unawain ang gawain ng Banal na Espiritu, paano sila dapat pumasok sa lahat ng salitang sinasabi ng Diyos ngayon, paano nila dapat kainin at inumin, danasin, at unawain ang mga ito, paano sila dapat tumugon sa kalooban ng Diyos, lubos na malupig ng Diyos at magpasakop sa harap ng Diyos.... Ito ang mga bagay na dapat mong pagtuunan at dapat pasukin ngayon. Nauunawaan mo ba? Ano ang saysay ng magtuon lamang sa paghiwatig sa ibang mga tao? Maaari mong mahiwatigan si Satanas dito, mahiwatigan ang masasamang espiritu roon—maaari kang magkaroon ng ganap na pagkaunawa sa masasamang espiritu, ngunit kung wala kang masabing anuman tungkol sa gawain ng Diyos, maaari bang humalili ang gayong paghiwatig sa pag-unawa sa Diyos? Nagbahagi na Ako dati tungkol sa mga pagpapahayag ng gawain ng masasamang espiritu, ngunit hindi pa ito ang kabuuan nito. Mangyari pa ay dapat magkaroon ang mga tao ng kaunting pagkahiwatig at ito ay isang aspeto na dapat taglayin ng mga naglilingkod sa Diyos upang maiwasang gumawa ng mga kahangalan at magambala ang gawain ng Diyos. Gayunman, nananatili pa ring pinakamahalagang bagay ang pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa gawain ng Diyos at pag-unawa sa kalooban ng Diyos. Anong kaalaman sa yugtong ito ng gawain ng Diyos ang nasa iyong kalooban? Kaya mo bang magsalita kung ano ang ginagawa ng Diyos, ano ang kalooban ng Diyos, ano ang sarili mong mga pagkukulang at anong mga bagay ang dapat mong isangkap sa iyong sarili? Masasabi mo ba kung ano ang iyong pinakabagong pagpasok? Dapat kang makapag-ani ng bunga at magkamit ng pagkaunawa sa bagong pagpasok. Huwag magkunwaring nalilito; kailangang higit kang magsikap sa bagong pagpasok para mapalalim ang iyong sariling karanasan at kaalaman, at higit pa rito ay kailangan kang magkamit ng pagkaunawa sa kasalukuyang pinakabagong mga pagpasok at sa pinakatamang paraan ng pagdanas. Bukod diyan, sa pamamagitan ng bagong gawain at bagong mga pagpasok, dapat ay mayroon kang pagkahiwatig tungkol sa dati mong mga pagsasagawa na lipas na sa panahon at lihis, at maghangad na itakwil ang mga iyon upang makapasok sa mga bagong karanasan. Ito ay mga bagay na kailangang-kailangan mo ngayong maunawaan at mapasok. Kailangan mong maunawaan ang mga pagkakaiba at kaugnayan sa pagitan ng luma at bagong mga pagpasok. Kung wala kang pagkaunawa sa mga bagay na ito, wala kang paraan para umunlad, dahil hindi ka makakasabay sa gawain ng Banal na Espiritu. Kailangan mong magawa ang normal na pagkain at pag-inom ng salita ng Diyos at ang normal na pagbabahagi at gamitin ang mga ito para baguhin ang dati mong mga paraan ng pagsasagawa na lipas na sa panahon at luma mong tradisyonal na mga haka-haka para makapasok ka sa isang bagong pagsasagawa, at makapasok sa bagong gawain ng Diyos. Ito ang mga bagay

na nararapat mong makamit. Hindi Ko lamang hinihiling sa iyo ngayon na alaming mabuti kung paano ka makakapantay; hindi ito ang layunin. Sa halip ay hinihiling Ko sa iyo na seryosohin ang iyong pagsasagawa ng katotohanan at ang iyong pagkaunawa sa pagpasok sa buhay. Ang kakayahan mong kilalanin ang iyong sarili ay hindi kumakatawan sa iyong tunay na tayog. Kung mararanasan mo ang gawain ng Diyos, magkakaroon ng karanasan at pagkaunawa tungkol sa katotohanan sa mga salita ng Diyos, at nahihiwatigan mo ang dati mong personal na mga haka-haka at pagkakamali, ito ang iyong tunay na tayog at isang bagay na dapat makamit ng bawat isa sa inyo.

Maraming sitwasyon kung saan hindi ninyo talaga alam kung paano magsagawa, at lalong hindi ninyo alam kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu. Kung minsa'y gumagawa ka ng isang bagay na malinaw na sumusuway sa Banal na Espiritu. Sa pamamagitan ng iyong pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, mayroon ka nang pagkaunawa sa kasalukuyang prinsipyo ukol sa bagay na iyon, kaya mayroon kang nadaramang pagsisisi at pagkabalisa sa iyong kalooban; mangyari pa isa itong damdaming madarama lamang ng isang taong naniniwala na may alam siyang kaunting katotohanan. Kung hindi nakikipagtulungan o nagsasagawa ang mga tao alinsunod sa salita ng Diyos ngayon, hinahadlangan nila ang gawain ng Banal na Espiritu at siguradong mababalisa ang kanilang kalooban. Sabihin nang nauunawaan mo ang prinsipyo ng isang partikular na aspeto ngunit hindi ka nagsasagawa ayon dito, kung gayo'y makadarama ka ng pagsisisi sa iyong kalooban. Kung hindi mo nauunawaan ang prinsipyo at hindi man lamang nalalaman ang aspetong ito ng katotohanan, malamang na hindi ka makadama ng pagsisisi sa bagay na ito. Ang panunumbat ng Banal na Espiritu ay palaging ayon sa konteksto. Iniisip mo na dahil hindi ka pa nagdarasal at hindi pa nakikipagtulungan sa gawain ng Banal na Espiritu kaya naantala mo na ang gawain. Sa totoo lang, hindi ito maaaring maantala. Aantigin ng Banal na Espiritu ang ibang tao; hindi napipigilan ng sinuman ang gawain ng Banal na Espiritu. Nadarama mo na nabigo mo ang Diyos, at ito ay isang damdaming dapat mong taglayin sa iyong konsiyensya. Makamakmit mo man ang katotohanan o hindi, ikaw ang bahala roon at walang kaugnayan iyon sa Diyos. Kung minsa'y ang sarili mong konsiyensya ang nakadarama ng pag-akusa, ngunit hindi iyon kaliwanagan o pagtanglaw ng Banal na Espiritu, ni hindi iyon panunumbat ng Banal na Espiritu. Sa halip ay isa itong damdamin sa loob ng konsiyensya ng tao. Kung kikilos ka nang walang pakundangan sa mga bagay na kinasasangkutan ng pangalan ng Diyos, ng patotoo ng Diyos o ng gawain ng Diyos, hindi ka palalampasin ng Diyos. Ngunit may limitasyon—hindi mag-aabala ang Diyos sa iyo sa karaniwan at maliliit na bagay. Hindi ka Niya papansinin. Kung lumabag ka sa mga prinsipyo, at ginulo at ginambala mo ang gawain ng Diyos, pawawalan Niya ang Kanyang poot sa iyo at talagang hindi ka palalampasin. Ang ilan sa mga pagkakamaling ginagawa mo ay di-maiiwasan sa takbo ng buhay ng tao. Halimbawa, hindi mo pinapasingawan nang tama ang mga siopao mo at sinasabi mo na dinidisciplina ka ng Diyos—lubos na hindi ito makatwirang sabihin. Bago ka naniwala sa Diyos, hindi ba

madalas mangyari noon ang ganitong uri ng bagay? Pakiramdam mo parang pagdidisiplina iyon ng Banal na Espiritu, ngunit ang totoo ay hindi ito ganoon (maliban sa ilang natatanging mga sitwasyon), dahil ang gawaing ito ay hindi ganap na nagmumula sa Banal na Espiritu, kundi sa halip ay nagmumula sa mga damdamin ng tao. Gayunman, normal sa mga taong sumasampalataya ang mag-isip nang ganito. Maaaring hindi ka nakapag-isip nang ganito noong hindi ka naniniwala sa Diyos. Nang maniwala ka na sa Diyos, nagsimula kang mag-ukol ng mas maraming oras sa pagninilay sa mga bagay na ito kaya nga likas kang natutong mag-isip nang ganito. Nanggagaling ito sa pag-iisip ng normal na mga tao at may kinalaman sa kanilang mentalidad. Ngunit hayaan mong sabihin Ko sa iyo, ang gayong pag-iisip ay hindi saklaw ng gawain ng Banal na Espiritu. Ito ay isang halimbawa ng pagbibigay ng Banal na Espiritu sa mga tao ng isang normal na reaksiyon sa pamamagitan ng kanilang mga kaisipan; ngunit kailangan mong maunawaan na ang reaksiyong ito ay hindi gawain ng Banal na Espiritu. Ang pagkakaroon ng ganitong uri ng “kaalaman” ay hindi nagpapatunay na taglay mo ang gawain ng Banal na Espiritu. Ang iyong kaalaman ay hindi nanggagaling sa kaliwanagan ng Banal na Espiritu, lalong hindi ito gawain ng Banal na Espiritu. Produkto lamang ito ng normal na pag-iisip ng tao at talagang walang koneksyon sa kaliwanagan o pagtanglaw ng Banal na Espiritu—ang mga ito ay nasa kategorya ng mga natatanging kababalaghan. Ang gayong normal na pag-iisip ng tao ay hindi ganap na nagmumula sa Banal na Espiritu. Kapag gumagawa ang Banal na Espiritu para liwanagan ang mga tao, karaniwa’y binibigyan Niya sila ng kaalaman tungkol sa gawain ng Diyos, at sa kanilang tunay na pagpasok at tunay na kalagayan. Tinutulutan din Niya silang maunawaan ang apurahang mga layunin ng Diyos at ang Kanyang mga hinihingi sa tao ngayon, para magpasiya silang isakripisyo ang lahat para mapalugod ang Diyos, mahalin ang Diyos kahit makatagpo sila ng pag-uusig at kahirapan, at tumayong saksi para sa Diyos kahit mangahulugan ito ng pagpapadanak ng kanilang dugo o pagbubuwis ng kanilang buhay, at gawin iyon nang walang pagsisisi. Kung mayroon kang ganitong uri ng pagpapasiya, ibig sabihi’y mayroon kang mga pagpukaw at gawain ng Banal na Espiritu—ngunit dapat mong malaman na wala ka ng gayong mga pagpukaw sa bawat sandali. Kung minsan sa mga pulong kapag nagdarasal at kumakain at umiinom ka ng mga salita ng Diyos, madarama mo na lubha kang naantig at nagkainspirasyon. Bagung-bago at sariwa ang pakiramdam kapag ang iba ay nagbabahagi nang kaunti ng kanilang karanasan at pagkaunawa sa mga salita ng Diyos, at ang puso mo ay lubos na malinaw at maliwanag. Lahat ng ito ay gawain ng Banal na Espiritu. Kung ikaw ay isang lider at binibigyan ka ng Banal na Espiritu ng pambihirang kaliwanagan at pagtanglaw kapag nagpupunta ka sa iglesia para gumawa, binibigyan ka ng kabatiran sa mga problemang umiiral sa loob ng iglesia, tinutulutan kang malaman kung paano magbahagi tungkol sa katotohanan para lutasin ang mga ito, ginagawa kang lubhang masigasig, responsable at seryoso sa iyong gawain, lahat ng ito ay gawain ng Banal na Espiritu.

Pagsasagawa 2

Sa mga panahong nakalipas, sinanay ng mga tao ang kanilang sarili na makapiling ang Diyos at mabuhay ayon sa espiritu sa bawat sandali. Kumpara sa pagsasagawa sa ngayon, iyon ay isang simpleng anyo ng espirituwal na pagsasanay; ito ang pinakamababaw at pinakasimpleng paraan ng pagsasagawa bago pumasok ang mga tao sa tamang landas ng buhay, at ito ang bumubuo sa pinakaunang yugto ng pagsasagawa sa pananampalataya ng mga tao. Kung palaging umaasa ang mga tao sa ganitong klase ng pagsasagawa sa kanilang buhay, marami silang madarama at malamang na makagawa ng mga pagkakamali, at hindi nila makakayang pumasok sa tunay na mga karanasan sa buhay; magagawa lamang nilang sanayin ang kanilang mga espiritu, normal na mapalapit sa Diyos sa kanilang mga puso, at palaging makasumpong ng matinding kagalakan na makapiling nila ang Diyos. Lilimitahan nila ang kanilang sarili sa maliit na saklaw ng pagsasama nila ng Diyos, at hindi nila makakamtan ang anumang mas malalim dito. Ang mga taong nabubuhay sa loob ng mga hangganang ito ay walang kakayahang gumawa ng anumang malaking paglago. Anumang oras, malamang na sumigaw sila ng, “Ah! Panginoong Jesus. Amen!” Halos araw-araw silang ganito—ito ang pagsasagawa noong nakalipas na mga panahon, ang pagsasagawang mamuhay sa espiritu sa bawat sandali. Hindi ba ito kabastusan? Ngayon, kapag oras na para pagnilayan ang mga salita ng Diyos, magtuon lamang sa pagninilay ng mga salita ng Diyos; kapag oras na para isagawa ang katotohanan, magtuon lamang sa pagsasagawa ng katotohanan; kapag oras na para gampanan ang iyong tungkulin, gampanan mo lamang ang iyong tungkulin. Ang ganitong klase ng pagsasagawa ay totoong medyo nagpapalaya; pinalalaya ka nito. Hindi ito kagaya ng pagdarasal at pagbabasbas sa pagkain ng matatandang taong relihiyoso. Mangyari pa, dati-rati, ito ang isinasagawa ng mga taong nananampalataya, ngunit ngayon ay masyado nang makaluma ang pagsasagawa sa ganitong paraan. Ang gawain ng Diyos ay nasa mas mataas na antas na ngayon; ang binabanggit ngayon na, “pagdadala sa Diyos sa tunay na buhay,” ang pinakamahalagang aspeto ng pagsasagawa. Ito ang normal na pagkatao na inaasahan na tataglayin ng mga tao sa kanilang tunay na buhay, at ang dapat taglayin ng mga tao sa kanilang normal na pagkatao ay lahat ng salitang sinasambit ng Diyos ngayon. Ang pagdadala ng mga salitang ito ng Diyos sa tunay na buhay ang praktikal na kahulugan ng “pagdadala sa Diyos sa tunay na buhay.” Ngayon, dapat unahing sangkapan ng mga tao ang kanilang sarili ng mga sumusunod: Sa isang banda, kailangan nilang mapaunlad ang kanilang kakayahan, mag-aral, at magpahusay ng kanilang mga kasanayan sa pagbabasa at pag-unawa; sa kabilang banda, kailangan nilang mamuhay nang normal bilang tao. Kahaharap mo pa lamang sa Diyos mula sa mundo; kailangang sanayin mo muna ang puso mo na maging tahimik sa harap ng Diyos. Ito ang pinakasimula ng pagsasagawa, at ito rin ang unang hakbang sa pagtatamo ng pagbabago sa iyong disposisyon sa buhay. Ang ilang tao ay medyo marunong makibagay sa kanilang pagsasagawa; pinagninilayan

nila ang katotohanan habang gumagawa, na inaalang ang mga katotohanan at ang mga prinsipyo ng pagsasagawa na dapat nilang maunawaan sa realidad. Ang isang aspeto ay na kailangan mong magkaroon ng isang normal na buhay ng tao, at ang isa pa ay na kailangang magkaroon ng pagpasok sa katotohanan. Lahat ng bagay na ito ay bumubuo sa pinakamahasag na pagsasagawa para sa tunay na buhay.

Sa pagdadala sa Diyos sa tunay na buhay ng mga tao, una sa lahat ay kailangan nilang sambahin ang Diyos, hangaring makilala ang Diyos, at gampanan ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos ayon sa normal na pagkatao. Hindi naman nila talaga kailangang manalangin sa Diyos tuwing may ginagawa sila, na hindi ito katanggap-tanggap at dapat nilang madama na may pagkakautang sila sa Kanya kung hindi sila magdarasal. Hindi ganyan ang pagsasagawa ngayon; ito ay talagang kalmado at simple! Hindi nito pinasusunod ang mga tao sa mga doktrina. Sa halip, bawat tao ay dapat kumilos ayon sa kanilang indibiduwal na tayog: Kung hindi naniniwala sa Diyos ang iyong mga kapamilya, ituring silang mga walang pananampalataya, at kung naniniwala sila, ituring silang mga mananampalataya. Huwag magmahal at magpasensya, sa halip, maging matalino. Lumalabas ang ilang tao upang bumili ng mga gulay, at habang naglalakad ay bumubulung-bulong sila: “Diyos ko! Anong mga gulay ang nais Mong bilhin ko ngayon? Tulungan Mo ako. Hinihiling ng Diyos na luwalhatiin namin ang Kanyang pangalan sa lahat ng bagay at na magpatotoo kaming lahat, kaya kahit bulok ang ibinibigay sa akin ng tindera, magpapasalamat pa rin ako sa Diyos—magtitiis ako. Kaming mga naniniwala sa Diyos ay hindi maaaring kumuha at pumili ng gusto naming mga gulay.” Iniisip nila na ang paggawa nito ay pagpapatotoo, at ang resulta ay na gumagasta sila ng pera upang bumili ng santambak na bulok na mga gulay, ngunit nagdarasal pa rin sila at sinasabing: “Diyos ko! Kakainin ko pa rin ang bulok na mga gulay na ito basta’t katanggap-tanggap ito sa Iyo.” Hindi ba kakatwa ang gayong pagsasagawa? Hindi ba ito pagsunod sa isang doktrina? Dati-rati, nasanay ang mga tao na mabuhay sa espiritu sa bawat sandali—may kaugnayan ito sa gawaing dating ginagawa sa Kapanahunan ng Biyaya. Ang kabanalan, kababaang-loob, pagmamahal, pagtitiyaga, pasasalamat para sa lahat ng bagay—ito ang mga hinihingi sa bawat mananampalataya sa Kapanahunan ng Biyaya. Sa panahong iyon, nanalangin ang mga tao sa Diyos sa lahat ng bagay; magdarasal sila sa tuwing bibili ng mga damit, at kapag nasabihan tungkol sa isang pagtitipon, magdarasal din sila: “Diyos ko! Nais Mo ba akong magpunta o hindi? Kung nais Mo akong magpunta, ayusin Mo ang landas para sa akin. Kung ayaw Mo akong magpunta, hayaan Mo akong madapa at matumba.” Magsusumamo sila sa Diyos habang nagdarasal, at pagkatapos manalangin ay hindi sila mapapakali, at hindi pupunta. Ang ilang kapatid na babae, sa takot na baka pag-uwi nila mula sa mga pagtitipon ay bugbugin sila ng kanilang asawang walang pananampalataya, ay makakaramdam ng pagkabagabag kapag sila’y manalangin kaya hindi na lamang pupunta sa mga pagtitipon. Naniwala sila na ito ang kalooban ng Diyos, gayong ang totoo, kung nagpunta sila, wala namang mangyayari. Ang resulta ay

hindi sila nakapunta sa isang pagtitipon. Lahat ng ito ay resulta ng kamangmangan ng mga tao. Ang mga taong nagsasagawa sa ganitong paraan ay nabubuhay na lahat sa sarili nilang mga damdamin. Ang ganitong paraan ng pagsasagawa ay maling-mali at kakatwa at may kalabuan. Napakarami nilang personal na damdamin at saloobin. Kung sinabihan ka tungkol sa isang pagtitipon, magpunta ka; hindi mo na kailangang manalangin pa sa Diyos. Hindi ba ito simple? Kung kailangan mong bumili ng isang piraso ng damit ngayon, lumabas ka at gawin mo iyon. Huwag kang manalangin sa Diyos at magsabing: “Diyos ko! Nais Mo ba akong umalis o hindi? Paano kung dumating ang isa sa mga kapatid habang wala ako?” Natatakot kang baka dumating ang isang kapatid na lalaki o kapatid na babae kaya hindi ka umaalis, subalit ang resulta ay sumasapit ang gabi at walang sinumang dumating. Maging sa Kapanahunan ng Biyaya, ang ganitong paraan ng pagsasagawa ay lihis at mali. Sa gayon, kung magsasagawa ang mga tao na tulad noong mga panahong nakalipas, walang magiging pagbabago sa buhay nila. Tatanggapin na lamang nila nang walang malay ang anumang dumating, hindi papansinin ang pahiwatig, at walang gagawin kundi pikit-matang sumunod at magtiis. Sa panahong iyon, nagtuon ang mga tao sa pagluwalhati sa Diyos—ngunit hindi nagtamo ng kaluwalhatian ang Diyos mula sa kanila, sapagkat wala silang naisabuhay na anumang praktikal. Sinupil at nilimitahan lamang nila ang kanilang sarili ayon sa kanilang sariling mga kuru-kuro, at kahit maraming taon pa ng pagsasagawa ay hindi naghatid ng pagbabago sa kanilang buhay. Ang alam lamang nila ay magtiis, magpakumbaba, magmahal, at magpatawad, ngunit wala ni katiting na kaliwanagan mula sa Banal na Espiritu. Paano makikilala ng mga tao ang Diyos sa gayong paraan? At paano nila posibleng maluluwalhati ang Diyos?

Makakapasok lamang ang mga tao sa tamang landas ng paniniwala sa Diyos kung dala nila ang Diyos sa kanilang tunay na buhay, at sa kanilang normal na buhay bilang tao. Inaakay kayo ng mga salita ng Diyos ngayon; hindi kailangang maghanap at mangapa tulad noong mga panahong nakalipas. Kapag kaya mong magsagawa ayon sa mga salita ng Diyos, at suriin at sukatin ang iyong sarili ayon sa mga kalagayan ng tao na Aking ibinunyag, magagawa mong magbago. Hindi ito doktrina, kundi ang hinihingi ng Diyos sa tao. Ngayon, hayaan mong sabihin Ko sa iyo ang lagay ng mga bagay-bagay: Ituon mo lamang ang iyong sarili sa pagkilos ayon sa Aking mga salita. Ang mga kinakailangan Ko sa iyo ay batay sa mga pangangailangan ng isang normal na tao. Nasabi Ko na sa iyo ang Aking mga salita; basta’t nagtutuon ka sa pagsasagawa ng mga ito, magiging kaayon ka ng mga layunin ng Diyos. Ngayon ang panahon ng pamumuhay ayon sa mga salita ng Diyos. Naipaliwanag na ng mga salita ng Diyos ang lahat, nalinaw na ang lahat, at basta’t namumuhay ka ayon sa mga salita ng Diyos, mamumuhay ka nang ganap na malaya at napalaya. Noong araw, nang dalhin ng mga tao ang Diyos sa kanilang tunay na buhay, isinagawa at pinagdaanan nila ang napakaraming doktrina at ritwal; kahit sa maliliit na bagay, nagdarasal sila at naghahanap, na isinasantabi ang malilinaw na salita ng Diyos at kinaliligtaang basahin ang mga ito. Sa halip, inilalaan nila ang

lahat ng pagsisikap nila sa paghahanap—na hindi nagkaroon ng epekto. Ipaghalimbawa na ang pagkain at pananamit: Nagdarasal ka at ipinababahala mo ang bagay na ito sa mga kamay ng Diyos, na hinihiling na ayusin ng Diyos ang lahat para sa iyo. Kapag narinig ng Diyos ang mga salitang ito, sasabihin Niyang: “Kailangan Ko pa bang alalahanin ang gayon kaliliit na detalye? Saan na napunta ang normal na pagkatao at pangangatwirang nilikha Ko para sa iyo?” Kung minsan, nagkakamali ang tao sa kanilang mga kilos; pagkatapos ay naniniwala sila na nagkasala sila sa Diyos at napipigilan sila. Napakaganda ng kalagayan ng ilang tao, ngunit kapag nagkamali sila sa paggawa ng maliit na bagay, naniniwala sila na kinakastigo sila ng Diyos. Sa katunayan, hindi ito kagagawan ng Diyos, kundi impluwensya ng sariling isipan ng mga tao. Kung minsan, walang mali sa nararanasan mo, ngunit sinasabi ng iba na mali ang nararanasan mo, kaya nabibitag ka—nagiging negatibo ka, at nagdidilim ang iyong kalooban. Madalas, kapag negatibo ang mga tao sa ganitong paraan, naniniwala sila na kinakastigo sila ng Diyos, ngunit sinasabi ng Diyos: “Wala Akong ginawang anumang gawain ng pagkastigo sa iyo; paano mo Ako nasisisi nang ganyan?” Napakadaling maging negatibo ng mga tao. Napakamaramdamin din nila kadalasan at madalas silang magreklamo tungkol sa Diyos. Hindi ka pinagdurusa ng Diyos sa gayong paraan, subalit hinahayaan mo ang iyong sarili na mahulog sa gayong kalagayan. Walang halaga ang ganyang klaseng pagdurusa. Hindi alam ng mga tao ang gawaing ginagawa ng Diyos, at sa maraming bagay ay mangmang sila at hindi makakita nang malinaw, kaya nabibitag sila sa sarili nilang mga kuru-kuro at imahinasyon, na lalong nagkakabuhul-buhol. Sinasabi ng ilang tao na lahat ng bagay ay nasa mga kamay ng Diyos—kaya maaari bang hindi alam ng Diyos kapag negatibo ang mga tao? Siyempre alam ng Diyos. Kapag ikaw ay nabitag sa mga kuru-kuro ng tao, walang paraan para gumawa ang Banal na Espiritu sa iyo. Kadalasan, nabibitag ang ilang tao sa isang negatibong kalagayan, ngunit patuloy pa rin Ako sa Aking gawain. Negatibo ka man o positibo, hindi mo Ako mapipigilan—ngunit dapat mong malaman na ang maraming salitang Aking sinasambit, at ang napakaraming gawaing Aking ginagawa ay may malapit na kaugnayan sa isa’t isa, ayon sa kalagayan ng mga tao. Kung ikaw ay negatibo, hindi ito nakakahadlang sa gawain ng Banal na Espiritu. Sa panahon ng pagkastigo at pagsubok ng kamatayan, lahat ng tao ay nabitag sa isang negatibong kalagayan, ngunit hindi ito nakakahadlang sa Aking gawain. Noong ikaw ay negatibo, patuloy na ginawa ng Banal na Espiritu ang kinailangang gawin sa iba. Maaari kang tumigil sa paghahangad sa loob ng isang buwan, ngunit patuloy Akong gumagawa—anuman ang iyong gawin sa kasalukuyan o sa hinaharap, hindi nito mapipigilan ang gawain ng Banal na Espiritu. Ang ilang negatibong kalagayan ay nagmumula sa kahinaan ng tao; kapag naniniwala ang mga tao na talagang wala silang kakayahang tumugon sa mga kinakailangan ng Diyos o unawain ang mga ito, nagiging negatibo sila. Halimbawa, sa panahon ng pagkastigo, binanggat sa mga salita ng Diyos ang pagmamahal sa Diyos kahit papaano sa gitna ng pagkastigo, ngunit naniwala ang mga tao na hindi nila kaya iyon. Lalo silang nalungkot at dumaing na labis na nagawang

tiwali ni Satanas ang kanilang laman, at na napakahina ng kanilang kakayahan. Nadama nila na kahabag-habag na isinilang sila sa ganitong sitwasyon. At nadama ng ilang tao na huli na ang lahat para maniwala pa sila sa Diyos at kilalanin ang Diyos, at na hindi sila karapat-dapat na gawing perpekto. Lahat ng ito ay normal na mga kalagayan ng tao.

Ang laman ng tao ay kay Satanas, ito ay puno ng mga masuwaying disposisyon, nakakahiya ang karumihan nito, at ito ay isang bagay na hindi malinis. Masyadong nag-iimbot ang mga tao sa kasiyahan ng laman at napakaraming pagpapamalas ng laman; ito ang dahilan kaya kinasusuklaman ng Diyos ang laman ng tao sa isang partikular na antas. Kapag itinakwil ng mga tao ang marumi, at tiwaling mga bagay ni Satanas, nakakamit nila ang pagliligtas ng Diyos. Ngunit kung hindi pa rin nila inaalis sa kanilang sarili ang karumihan at katiwalian, nabubuhay pa rin sila sa ilalim ng sakop ni Satanas. Ang pakikipagsabwatan, panlilinlang, at kabuktutan ng mga tao ay pawang mga bagay ni Satanas. Ang pagliligtas sa iyo ng Diyos ay upang palayain ka mula sa mga bagay na ito ni Satanas. Ang gawain ng Diyos ay hindi maaaring magkamali; lahat ng ito ay ginagawa upang iligtas ang mga tao mula sa kadiliman. Kung naniwala ka na hanggang sa isang partikular na antas at magagawa mong alisin sa iyong sarili ang katiwalian ng laman, at hindi na nababalot ng katiwalian ito, hindi ba naligtas ka na? Kung nabubuhay ka sa ilalim ng sakop ni Satanas wala kang kakayahang maipamalas ang Diyos, ikaw ay marumi, at hindi mo matatanggap ang pamana ng Diyos. Kapag nalinis at nagawa ka nang perpekto, ikaw ay magiging banal, magiging isa kang normal na tao, at pagpapalain ka ng Diyos at magiging kalugud-lugod ka sa Kanya. Ang gawaing ginagawa ng Diyos ngayon ay pagliligtas, at, bukod pa rito, ito ay paghatol, pagkastigo, at pagsumpa. Mayroon itong ilang aspeto. Nakikita ninyong lahat na ang mga pahayag ng Diyos ay naglalaman ng paghatol at pagkastigo, gayundin ng mga sumpa. Nagsasalita Ako upang magtamo ng isang epekto, para makilala ng mga tao ang kanilang sarili, at hindi para patayin ang mga tao. Ang Aking puso ay para sa inyong kapakanan. Ang pagsasalita ay isa sa mga pamamaraan kung paano Ako gumagawa; sa pamamagitan ng mga salita ay ipinapahayag Ko ang disposisyon ng Diyos at tinutulutan kang maunawaan ang kalooban ng Diyos. Maaaring mamatay ang iyong katawan, ngunit mayroon kang isang espiritu at isang kaluluwa. Kung katawan lamang ang taglay ng mga tao, mawawalan ng kahulugan ang kanilang pananampalataya, ni hindi magkakaroon ng anumang kahulugan ang lahat ng gawaing ito na Aking ginawa. Ngayon, nagsasalita Ako sa paraang ito at sa ibang paraan; sumandali Akong lubhang nasusuklam sa mga tao, at pagkatapos ay sumandali Akong masyadong mapagmahal; ginagawa Ko ang lahat ng ito upang makagawa ng pagbabago sa iyong mga disposisyon, gayundin upang mabago ang iyong mga kuru-kuro sa gawain ng Diyos.

Sumapit na ang mga huling araw at nagkakagulo ang mga bansa sa buong mundo. May kaguluhan sa pulitika, may mga taggutom, salot, baha, at tagtuyot na naglilitawan sa lahat ng dako. May malaking sakuna sa mundo ng tao; nagpadala na rin ng kalamidad ang Langit. Ito ay mga palatandaan ng mga huling araw. Ngunit para sa mga tao, tila

isang mundo ito ng saya at karingalan; lalo't lalo itong nagiging gayon, naaakit dito ang puso ng lahat ng tao, at maraming taong nabitag at hindi mapalaya ang kanilang sarili mula rito; napakaraming malilinlang ng mga nakikibahagi sa pandaraya at salamangka. Kung hindi ka magpupunyaging umunlad, wala kang mga mithiin, at hindi ka nakaugat sa tunay na daan, matatangay ka ng lumalaking mga alon ng pagkakasala. Ang Tsina ang pinakapaurong sa lahat ng bansa; ito ang lupain kung saan nakapulupot ang malaking pulang dragon, narito ang pinakamaraming taong sumasamba sa mga diyus-diyusan at nakikibahagi sa salamangka, may pinakamaraming templo, at ito ang lugar kung saan naninirahan ang maruruming demonyo. Isinilang ka nito, tinuruan nito at nakalubog sa impluwensya nito; nagawa ka nitong tiwali at pinahirapan nito, ngunit nang magising ka ay tinalikuran mo ito at lubos kang naangkin ng Diyos. Ito ang kaluwalhatian ng Diyos, at ito ang dahilan kaya ang yugtong ito ng gawain ay may malaking kabuluhan. Nakagawa ang Diyos ng napakalawak na gawain, nakasambit ng napakaraming salita, at sa huli ay lubos Niya kayong makakamit—ito ay isang bahagi ng gawain ng pamamahala ng Diyos, at kayo ang “mga samsam ng tagumpay” ng pakikibaka ng Diyos kay Satanas. Habang lalo ninyong nauunawaan ang katotohanan at napapabuti ang inyong buhay sa iglesia, lalong napapanikluhod ang malaking pulang dragon. Lahat ng ito ay mga bagay ng espirituwal na mundo—ito ang mga pakikibaka ng espirituwal na mundo, at kapag nagtagumpay ang Diyos, mapapahiya at babagsak si Satanas. Ang yugtong ito ng gawain ng Diyos ay may napakalaking kabuluhan. Gumagawa ang Diyos nang gayon kalawak at lubos na inililigtas ang grupong ito ng mga tao upang makatakas ka mula sa impluwensya ni Satanas, manirahan sa bayang banal, mabuhay sa liwanag ng Diyos, at mapamunuan at mapatnubayan ng liwanag. Kung gayon ay may kahulugan ang iyong buhay. Ang inyong kinakain at isinusuot ay kaiba sa mga hindi mananampalataya; tinatamasa ninyo ang mga salita ng Diyos at nabubuhay nang makahulugan—at ano ang kanilang tinatamasa? Tinatamasa lamang nila ang “pamana ng kanilang mga ninuno” at ang kanilang “diwa ng bansa.” Wala sila ni katiting na bakas ng pagkatao! Lahat ng inyong damit, salita, at kilos ay naiiba sa kanila. Sa bandang huli, lubos ninyong matatakan ang karumihan, hindi na kayo mabibitag sa tukso ni Satanas, at magtatamo kayo ng araw-araw na panustos ng Diyos. Dapat kayong maging maingat palagi. Bagama't nabubuhay kayo sa isang maruming lugar, wala kayong bahid ng karumihan at maaaring mabuhay sa tabi ng Diyos, na tumatanggap ng Kanyang dakilang proteksyon. Hinirang kayo ng Diyos mula sa lahat lahat ng tao sa dilaw na lupaing ito. Hindi ba kayo ang pinakamapalad na mga tao? Isa kang nilalang—mangyari pa ay dapat mong sambahin ang Diyos at mamuhay nang makahulugan. Kung hindi mo sasambahin ang Diyos kundi mamumuhay ka ayon sa iyong maruming laman, hindi ba isang hayop ka lamang na nakasuot ng damit ng tao? Dahil isa kang tao, dapat mong gugulin ang sarili mo para sa Diyos at tiisin ang lahat ng pagdurusa! Dapat mong tanggapin nang masaya at may katiyakan ang kaunting pagdurusang pinagdaraan mo ngayon at mamuhay ka nang makahulugan, kagaya nina Job at Pedro. Sa mundong ito, isinusuot ng tao ang

damit ng diyablo, kinakain ang pagkaing nagmumula sa diyablo, at gumagawa at naglilingkod sa ilalim ng impluwensya ng diyablo, ganap na natatapakan sa karumihan nito. Kung hindi mo nauunawaan ang kahulugan ng buhay o natatamo ang tunay na daan, ano ang kabuluhan sa pamumuhay nang ganito? Kayo ay mga taong patuloy na naghahanap sa tamang landas, yaong mga naghahangad ng paglago. Kayo ay mga taong naninindigan sa bansa ng malaking pulang dragon, yaong mga tinatawag na matuwid ng Diyos. Hindi ba iyon ang pinakamakahulugang buhay?

Ang Hiwaga ng Pagkakatawang-tao 1

Sa Kapanahunan ng Biyaya, inihanda ni Juan ang daan para kay Jesus. Hindi kayang gawin ni Juan ang gawain ng Diyos Mismo kundi tinupad lamang ang tungkulin ng tao. Kahit si Juan ang tagapagpauna ng Panginoon, hindi niya kayang katawanin ang Diyos; isa lamang siyang tao na ginamit ng Banal na Espiritu. Kasunod ng bautismo ni Jesus, ang Banal na Espiritu ay bumaba sa Kanya tulad ng isang kalapati. Pagkatapos, sinimulan na Niya ang Kanyang gawain, iyon ay, sinimulan Niyang isagawa ang ministeryo ni Cristo. Iyon ang dahilan kung bakit ginamit Niya ang pagkakakilanlan ng Diyos, sapagkat Siya ay nagmula sa Diyos. Paano man ang Kanyang pananampalataya bago ito—marahil kung minsan ito ay mahina, o kung minsan ito ay malakas—iyon lamang ang Kanyang normal na buhay bilang tao bago Niya ginawa ang Kanyang ministeryo. Pagkatapos Siyang bautismuhan (ibig sabihin, pahiran), agad Siyang nagkaroon ng kapangyarihan at ng kaluwalhatian ng Diyos, at sa gayon ay nagsimulang ganapin ang Kanyang ministeryo. Kaya Niyang gumawa ng mga tanda at mga kababalaghan, gumawa ng mga himala, at mayroon Siyang kapangyarihan at awtoridad, sapagkat Siya ay gumagawa nang direkta sa ngalan ng Diyos Mismo; ginagawa Niya ang gawain ng Espiritu na kahalili Niya at ipinapahayag ang tinig ng Espiritu. Samakatuwid, Siya ang Diyos Mismo. Hindi ito mapag-aalinlanganan. Ginamit si Juan ng Banal na Espiritu. Hindi niya kayang katawanin ang Diyos, at hindi rin posible para sa kanya na kumatawan sa Diyos. Kung naisin niya na gawin ito, hindi ito papayagan ng Banal na Espiritu, sapagkat hindi niya kayang gawin ang gawain na nilayon ng Diyos Mismo na isakatuparan. Marahil marami sa kanya ang kalooban ng tao, o may bagay sa kanyang lihis; hindi niya kailanman maaaring direktang katawanin ang Diyos. Kinakatawan lamang ng kanyang mga pagkakamali at pagiging katawa-tawa ang sarili niya, ngunit kinakatawan ng kanyang gawain ang Banal na Espiritu. Gayunpaman, hindi mo maaaring sabihing kinakatawan ng lahat sa kanya ang Diyos. Kaya ba ng kanyang paglihis at kalisyaan na katawanin din ang Diyos? Normal sa kumakatawan sa tao na maging mali, ngunit kung nagkaroon siya ng paglihis sa pagkatawan sa Diyos, hindi ba iyan sisira sa puri ng Diyos? Hindi ba iyan kalapastanganan laban sa Banal na Espiritu? Hindi basta pinapahintulutan ng Banal na Espiritu ang tao na tumayo sa lugar ng Diyos, kahit na

dinadakila siya ng iba. Kung hindi siya ang Diyos, hindi niya magagawang manatiling nakatayo sa katapusan. Hindi pinapahintulutan ng Banal na Espiritu ang tao na kumatawan sa Diyos ayon sa pagnanais ng tao! Halimbawa, nagpatotoo kay Juan ang Banal na Espiritu, at ibinunyag din na siya ang maghahanda ng daan para kay Jesus, ngunit mahusay na sinukat ng Banal na Espiritu ang gawain na ginawa sa kanya. Ang tanging hiningi kay Juan ay ang maging tagahanda ng daan para kay Jesus, ang ihanda ang daan para sa Kanya. Ibig sabihin, itinaguyod lamang ng Banal na Espiritu ang kanyang gawain sa paghahanda ng daan at pinahintulutan lamang siya na gawin ang ganoong gawain—hindi siya pinahintulutang gumawa ng iba pang gawain. Kinatawan ni Juan si Elias, at kinatawan niya ang isang propeta na naghanda ng daan. Itinaguyod siya rito ng Banal na Espiritu; hangga’t ang kanyang gawain ay ang ihanda ang daan, itinaguyod siya ng Banal na Espiritu. Subalit, kung sinabi niyang siya ang Diyos Mismo at sinabing dumating siya upang tapusin ang gawain ng pagtubos, kinailangan sana siyang disiplinahin ng Banal na Espiritu. Gaano man kahusay ang gawain ni Juan, at itinaguyod man ito ng Banal na Espiritu, mayroong mga hangganan ang kanyang gawain. Ang kanyang gawain ay totoong itinaguyod ng Banal na Espiritu, ngunit limitado sa paghahanda ng daan ang kapangyarihan na ibinigay sa kanya sa oras na iyon. Hindi niya maaaring gawin, sa anumang paraan, ang anumang iba pang gawain, dahil siya lamang ay si Juan na naghanda ng daan, at hindi si Jesus. Samakatuwid, susi ang patotoo ng Banal na Espiritu, ngunit mas mahalaga pa ang gawain na pinapahintulutan ng Banal na Espiritu na gawin ng tao. Hindi ba’t nakatanggap si Juan ng matunog na patotoo noong panahong iyon? Hindi ba’t dakila rin ang kanyang gawain? Ngunit hindi malalampasan ng gawain na kanyang ginawa yaong kay Jesus, sapagkat siya ay isang tao lamang na ginamit ng Banal na Espiritu at hindi maaaring tuwirang kumatawan sa Diyos, at kaya ang gawain na kanyang ginawa ay limitado. Pagkaraan niyang matapos ang paghahanda ng daan, hindi na itinaguyod ng Banal na Espiritu ang kanyang patotoo, walang bagong gawain ang sumunod sa kanya, at siya ay umalis habang ang gawain ng Diyos Mismo ay nagsisimula.

May ilang sinasaniban ng masasamang espiritu at malakas na sumisigaw ng, “Ako ang Diyos!” Ngunit sa katapusan, sila ay nabubunyag dahil sila ay mali sa kanilang kinakatawan. Kinakatawan nila si Satanas, at hindi sila binibigyang-pansin ng Banal na Espiritu. Gaano man kataas ang pagpapahalaga mo sa iyong sarili o gaano ka man kalakas sumigaw, ikaw ay isang nilalang pa rin at isa na nabibilang kay Satanas. Kailanman ay hindi Ako sumisigaw ng, “Ako ang Diyos, Ako ang sinisintang Anak ng Diyos!” Ngunit ang gawaing ginagawa Ko ay gawain ng Diyos. Kailangan Ko bang sumigaw? Hindi kailangan ang pagpaparangal. Ginagawa ng Diyos Mismo ang Kanyang gawain at hindi kailangan ng tao na bigyan Siya ng isang katayuan o kagalang-galang na titulo: kinakatawan na ng Kanyang gawain ang Kanyang pagkakakilanlan at katayuan. Bago ang Kanyang bautismo, hindi ba’t si Jesus ang Diyos Mismo? Hindi ba’t Siya ang nagkatawang-taong Diyos? Tiyak na hindi maaaring sabihin na naging tanging Anak ng Diyos lamang Siya

pagkatapos Niyang napatotohanan? Wala bang tao na may pangalang Jesus sa matagal na panahon bago Siya nagsimula ng Kanyang gawain? Hindi mo kayang maghatid ng mga bagong landas o kumatawan sa Espiritu. Hindi mo kayang ipahayag ang gawain ng Espiritu o ang mga salita na sinasabi Niya. Hindi mo kayang gawin ang gawain ng Diyos Mismo o yaong sa Espiritu. Ang karunungan, pagiging kamangha-mangha, at pagiging di-maarok ng Diyos, at ang buong disposisyon sa pagkastigo ng Diyos sa tao—lahat ng ito ay higit sa iyong kakayahang magpahayag. Kaya walang saysay na angkinin mo na ikaw ang Diyos; magkakaroon ka lamang ng pangalan ngunit hindi ng diwa. Dumating na ang Diyos Mismo, ngunit walang nakakakilala sa Kanya, gayunman patuloy Siya sa Kanyang gawain at ginagawa ang gayon sa pagkatawan sa Espiritu. Tawagin mo man Siyang tao o Diyos, ang Panginoon o Cristo, o tawagin Siyang kapatid na babae, hindi ito mahalaga. Ngunit ang gawaing ginagawa Niya ay yaong sa Espiritu at kumakatawan sa gawain ng Diyos Mismo. Wala Siyang pakialam sa pangalan na itinatawag sa Kanya ng tao. Puwede bang matukoy ng pangalang iyon ang Kanyang gawain? Anuman ang itawag mo sa Kanya, sa pananaw ng Diyos, Siya ang nagkatawang-taong laman ng Espiritu ng Diyos; kinakatawan Niya ang Espiritu at sinasang-ayunan ng Espiritu. Kung hindi mo kayang gumawa ng daan para sa isang bagong kapanahunan, o dalhin ang dati sa katapusan, o maghatid ng isang bagong kapanahunan o gumawa ng bagong gawain, hindi ka maaaring tawaging Diyos!

Kahit ang isang tao na ginagamit ng Banal na Espiritu ay hindi maaaring kumatawan sa Diyos Mismo. At hindi lamang hindi maaaring kumatawan ang taong ito sa Diyos, hindi rin maaaring direktang kumatawan ang kanyang gawain sa Diyos. Ibig sabihin niyan, hindi maaaring direktang ilagay sa loob ng pamamahala ng Diyos ang karanasan ng tao, at hindi ito maaaring kumatawan sa pamamahala ng Diyos. Ang lahat ng gawain na ginagawa ng Diyos Mismo ay ang gawaing ninanais Niya na gawin sa Kanyang sariling plano ng pamamahala at may kaugnayan sa dakilang pamamahala. Ang gawain na ginagawa ng tao ay binubuo ng pagtustos ng kanilang indibiduwal na karanasan. Binubuo ito ng pagkakasumpong ng isang bagong landas ng karanasan na higit sa nilakaran niyaong mga nauna sa kanila, at ng paggabay sa kanilang mga kapatid sa ilalim ng patnubay ng Banal na Espiritu. Ang itinutustos ng mga taong ito ay ang kanilang indibiduwal na karanasan o mga espirituwal na kasulatan ng mga espirituwal na tao. Kahit na sila ay ginagamit ng Banal na Espiritu, ang gawain ng gayong mga tao ay walang kinalaman sa dakilang gawain ng pamamahala na nasa anim-na-libong-taong plano. Ibinangon lamang sila ng Banal na Espiritu sa iba't ibang panahon upang ihantong ang mga tao sa agos ng Banal na Espiritu hanggang sa magwakas ang mga tungkuling kaya nilang gampanan o dumating sa katapusan ang kanilang buhay. Ang gawaing ginagawa nila ay para lamang ihanda ang naaangkop na daan para sa Diyos Mismo o upang ipagpatuloy ang isang aspeto ng pamamahala ng Diyos Mismo sa lupa. Sa sarili nila, hindi kayang gawin ng mga taong ito ang mas dakilang gawain ng Kanyang pamamahala, at hindi sila makakapagbukas ng mga bagong daan palabas, lalo na ang

tapusin ninuman sa kanila ang lahat ng gawain ng Diyos mula sa naunang kapanahunan. Samakatuwid, ang gawaing kanilang ginagawa ay kumakatawan lamang sa isang nilalang na gumaganap ng kanyang tungkulin at hindi maaaring kumatawan sa Diyos Mismo na gumaganap ng Kanyang ministryo. Ito ay dahil ang gawaing kanilang ginagawa ay hindi tulad niyaong ginagawa ng Diyos Mismo. Hindi maaaring gawin ng tao bilang kahalili ng Diyos ang gawain ng paghahatid ng isang bagong kapanahunan. Hindi ito maaaring gawin ng sino pa man bukod sa Diyos Mismo. Ang lahat ng gawain na ginagawa ng tao ay pagganap ng kanyang tungkulin bilang isang nilalang at ito ay ginagawa kapag naaantig o naliliwanagan siya ng Banal na Espiritu. Ang patnubay na ibinibigay ng mga taong ito ay ganap na binubuo ng pagpapakita sa tao ng landas ng pagsasagawa sa pang-araw-araw na buhay at kung paano dapat kumilos ang tao na katugma sa kalooban ng Diyos. Hindi kinapapalooban ang gawain ng tao ng pamamahala ng Diyos at hindi rin ito kumakatawan sa gawain ng Espiritu. Bilang halimbawa, ang gawain nina Witness Lee at Watchman Nee ay ang manguna sa daan. Maging bago man o luma ang daan, ang gawain ay nakabase sa prinsipyo na nananatiling nakapaloob sa Bibliya. Kung ito man ay para buhaying muli ang lokal na iglesia o magtayo ng lokal na iglesia, ang kanilang gawain ay ang magtatag ng mga iglesia. Ipinagpatuloy ng gawaing kanilang ginawa ang gawain na hindi natapos ni Jesus at ng Kanyang mga apostol o hindi pa lalong pinaunlad sa Kapanahunan ng Biyaya. Ang kanilang ginawa sa kanilang gawain ay ang buhaying muli ang hiniling ni Jesus, sa Kanyang gawain noon, sa mga salinlahi pagkatapos Niya, kagaya ng pagpapanatiling nakatalukbong ang kanilang mga ulo, pagbautismo, pagpipira-piraso ng tinapay, o pag-inom ng alak. Maaaring sabihin na ang kanilang gawain ay ang manatili lamang sa Bibliya at maghanap ng mga landas na nakapaloob lamang sa Bibliya. Wala silang ginawang bagong pagsulong sa anumang paraan. Samakatuwid, makikita sa kanilang gawain ang pagkatuklas lamang ng mga bagong landas na nakapaloob sa Bibliya, gayundin ang mas mahusay at mas makatotohanang mga pagsasagawa. Ngunit hindi makikita sa kanilang gawain ang kasalukuyang kalooban ng Diyos, lalong hindi makikita ang bagong gawain na balak gawin ng Diyos sa mga huling araw. Ito ay dahil sa ang landas na kanilang nilakaran ay luma pa rin; walang pagpapanibago at walang pagsulong. Nagpatuloy silang kumapit sa katotohanan ng pagkakapako sa krus ni Jesus, sa pagsasagawa ng paghingi sa mga tao na magsisi at ikumpisal ang kanilang mga kasalanan, sa mga kasabihan na siya na nagtitiis hanggang sa wakas ay maliligtas, at na ang lalaki ang pinuno ng babae, at dapat pasakop ang babae sa kanyang asawa, at lalo na sa tradisyonal na kuru-kuro na hindi puwedeng mangaral ang mga kapatid na babae, kundi sumunod lamang. Kung ang gayong paraan ng pamumuno ay nagpatuloy, hindi sana kailanman nagawa ng Banal na Espiritu na magsakatuparan ng bagong gawain, mapalaya ang mga tao mula sa mga patakaran, o pangunahan ang mga tao tungo sa isang kinasasaklawan ng kalayaan at kagandahan. Samakatuwid, ang yugtong ito ng gawain, na binabago ang kapanahunan, ay nangangailangan na ang Diyos Mismo ang gumawa at bumigkas; kung hindi, walang

sinumang tao ang makakagawa bilang kahalili Niya. Hanggang sa kasalukuyan, ang lahat ng gawain ng Banal na Espiritu sa labas ng daloy na ito ay huminto at yaong mga ginamit ng Banal na Espiritu ay nawalan ng direksyon. Samakatuwid, dahil ang gawain ng mga tao na ginamit ng Banal na Espiritu ay hindi tulad ng gawain na ginagawa ng Diyos Mismo, ang kanilang mga pagkakakilanlan at ang kanilang kinakatawan ay naiiba rin. Ito ay dahil naiiba ang gawain na balak gawin ng Banal na Espiritu, at dahil doon ay binibigyan ng magkakaibang pagkakakilanlan at katayuan ang mga gumagawa. Maaari ding gawin ng mga taong ginagamit ng Banal na Espiritu ang ilang bagong gawain at maaari din nilang alisin ang ilang gawain na ginawa sa naunang kapanahunan, ngunit hindi maaaring ipahayag ng kanilang gawain ang disposisyon at kalooban ng Diyos sa bagong kapanahunan. Gumagawa lamang sila upang alisin ang gawain ng naunang kapanahunan, hindi upang gawin ang bagong gawain para direktang kumatawan sa disposisyon ng Diyos Mismo. Kaya, kahit gaano karaming makalumang pagsasagawa ang kanilang buwagin o bagong pagsasagawa ang kanilang ipakilala, kumakatawan pa rin sila sa tao at mga nilalang. Gayunman, kapag ang Diyos Mismo ang nagsasakatuparan ng gawain, hindi Niya lantarang idinedeklara ang pagbuwag ng mga pagsasagawa ng lumang kapanahunan o direktang idinedeklara ang pagsisimula ng isang bagong kapanahunan. Direkta Siya at walang paliguy-ligoy sa Kanyang gawain. Tahasan Siya sa pagganap ng binabalak Niyang gawin; iyon ay, direkta Siyang nagpapahayag ng gawaing pinasimulan Niya, direktang ginagawa ang Kanyang gawain ayon sa orihinal na layunin, ipinahahayag kung ano Siya at ang Kanyang disposisyon. Sa tingin ng tao, ang Kanyang disposisyon at gayon din ang Kanyang gawain ay hindi tulad niyaong sa mga nakaraang kapanahunan. Subalit, mula sa pananaw ng Diyos Mismo, pagpapatuloy lamang ito at karagdagang pag-unlad ng Kanyang gawain. Kapag gumagawa ang Diyos Mismo, ipinahahayag Niya ang Kanyang salita at direktang naghahatid ng bagong gawain. Sa kabaligtaran, kapag gumagawa ang tao, ito ay sa pamamagitan ng masusing pagtalakay at pag-aaral, o ito ay ang pagpapaunlad ng kaalaman at pagbubuo ng sistema ng pagsasagawa na itinayo sa saligan ng gawain ng iba. Ibig sabihin, ang diwa ng gawaing ginagawa ng tao ay ang sundin ang itinatag na sistema at “lumakad sa mga dating landas gamit ang mga bagong sapatos.” Ito ay nangangahulugan na kahit na ang landas na nilakaran ng mga tao na ginamit ng Banal na Espiritu ay itinayo roon sa binuksan ng Diyos Mismo. Kaya, matapos ang lahat, ang tao ay tao pa rin at ang Diyos ay Diyos.

Si Juan ay isinilang sa pamamagitan ng pangako, katulad ng pagkakasilang ni Isaac kay Abraham. Inihanda niya ang daan para kay Jesus at gumawa ng maraming gawain, ngunit hindi siya Diyos. Sa halip, siya ay isang propeta sapagkat inihanda lamang niya ang daan para kay Jesus. Ang kanyang gawain ay dakila rin, at pagkatapos lamang niyang naihanda ang daan saka opisyal na nagsimula ang gawain ni Jesus. Sa diwa, siya ay nagpagal lamang para kay Jesus, at ang kanyang gawain ay paglilingkod sa gawain ni Jesus. Pagkatapos niyang ihanda ang daan, sinimulan ni Jesus ang Kanyang

gawain, gawain na mas bago, mas tiyak, at mas detalyado. Ginawa lamang ni Juan ang panimulang gawain; mas marami sa bagong gawain ay ginawa ni Jesus. Si Juan ay gumawa rin ng bagong gawain, ngunit hindi siya ang naghatid ng isang bagong kapanahunan. Ipinanganak si Juan sa pamamagitan ng pangako, at ibinigay ng anghel ang kanyang pangalan. Sa oras na iyon, nais ng ilan na isunod ang kanyang pangalan sa kanyang ama na si Zacarias, ngunit nagsalita ang kanyang ina, na nagsabi, “Ang batang ito ay hindi maaaring tawagin sa pangalan na iyan. Dapat siyang tawagin na Juan.” Iniutos itong lahat ng Banal na Espiritu. Si Jesus ay pinangalanan din ayon sa utos ng Banal na Espiritu, ipinanganak Siya ng Banal na Espiritu, at sa pamamagitan ng pangako ng Banal na Espiritu. Si Jesus ay ang Diyos, si Cristo, at ang Anak ng tao. Dakila rin ang gawain ni Juan, ngunit bakit hindi siya tinawag na Diyos? Ano mismo ang pagkakaiba ng gawain na ginawa ni Jesus at ng ginawa ni Juan? Ang tanging dahilan lamang ba ay si Juan ang naghanda ng daan para kay Jesus? O dahil itinalaga na ito ng Diyos? Kahit na sinabi rin ni Juan, “Mangagsisi kayo; sapagkat malapit na ang kaharian ng langit,” at nangaral din siya ng ebanghelyo ng kaharian ng langit, ang kanyang gawain ay hindi na pinaunlad pa at bumuo lamang ng simulain. Sa kaibhan, inihatid ni Jesus ang isang bagong kapanahunan at dinala rin ang lumang kapanahunan sa katapusan, ngunit tinupad din Niya ang kautusan ng Lumang Tipan. Mas dakila ang gawain na ginawa Niya kaysa kay Juan, at bukod pa rito, pumarito Siya upang tubusin ang buong sangkatauhan—ginawa Niya ang yugto ng gawain na iyan. Naghanda lamang ng daan si Juan. Kahit na dakila ang kanyang gawain, marami siyang salita, at maraming alagad ang sumunod sa kanya, walang higit na ibinunga ang kanyang gawain kundi dalhin ang isang bagong simula sa tao. Hindi kailanman nakatanggap mula sa kanya ang tao ng buhay, ng daan, o malalalim na katotohanan, at wala rin silang nakamit na pagkaunawa sa kalooban ng Diyos sa pamamagitan niya. Si Juan ay isang dakilang propeta (Elias) na nagpasimuno ng bagong batayan para sa gawain ni Jesus at inihanda ang mga hinirang; siya ang tagapagpauna ng Kapanahunan ng Biyaya. Hindi makikilala ang ganitong mga bagay sa pamamagitan lamang ng pagtingin sa kanilang mga normal na anyong tao. Lalo na dahil gumawa rin ng ilang mahusay na gawain si Juan at, higit pa rito, ipinanganak siya sa pamamagitan ng pangako ng Banal na Espiritu, at itinaguyod ng Banal na Espiritu ang kanyang gawain. Dahil dito, ang pagtukoy sa pagkakaiba ng kanilang mga sariling pagkakakilanlan ay maaari lamang magawa sa pamamagitan ng kanilang gawain, sapagkat hindi masasabi sa panlabas na anyo ng isang tao ang kanyang diwa, at hindi rin kaya ng tao na alamin ang tunay na patotoo ng Banal na Espiritu. Ang gawain na ginawa ni Juan at ang ginawa ni Jesus ay hindi magkatulad at magkaiba ng kalikasan. Dito matutukoy kung Diyos ba si Juan o hindi. Ang gawain ni Jesus ay ang magsimula, magpatuloy, tumapos, at tumupad. Isinagawa ni Jesus ang bawat isa sa mga hakbang na ito, samantalang ang gawain ni Juan ay hindi hihigit sa pagsisimula. Sa simula, ipinalaganap ni Jesus ang ebanghelyo at ipinangaral ang daan ng pagsisisi, pagkatapos ay nagbautismo ng tao, nagpagaling ng mga maysakit, at

nagpalayas ng mga demonyo. Sa katapusan, tinubos Niya ang sangkatauhan mula sa kasalanan at kumpleto ang Kanyang gawain para sa buong kapanahunan. Nangaral din Siya sa tao at nagpalaganap ng ebanghelyo ng kaharian ng langit sa lahat ng lugar. Ito ay pareho kay Juan, na ang pagkakaiba ay dahil naghatid si Jesus ng isang bagong kapanahunan at nagdala sa tao ng Kapanahunan ng Biyaya. Lumabas mula sa Kanyang bibig ang salita tungkol sa dapat isagawa ng tao at ang daan na dapat sundan ng tao sa Kapanahunan ng Biyaya, at sa katapusan, tinapos Niya ang gawain ng pagtubos. Hindi kailanman maisasagawa ni Juan ang gayong gawain. At sa gayon, si Jesus ang gumawa ng gawain ng Diyos Mismo, at Siya ang Diyos Mismo at direktang kumakatawan sa Diyos. Sinasabi ng mga kuru-kuro ng tao na lahat niyaong isinilang sa pamamagitan ng pangako, isinilang ng Espiritu, pinagtibay ng Banal na Espiritu, at ang nagbukas ng mga bagong daan palabas ay ang Diyos. Alinsunod sa katwirang ito, si Juan ay ang Diyos din, at si Moises, si Abraham, at si David..., lahat sila ay ang Diyos din. Hindi ba ito isang malaking biro?

Bago ganapin ang Kanyang ministeryo, si Jesus ay isa ring normal na tao lamang na kumilos ayon sa anumang gawin ng Banal na Espiritu. Alam man Niya o hindi ang Kanyang sariling pagkakakilanlan sa panahong iyon, sinunod Niya ang lahat ng nagmula sa Diyos. Hindi kailanman ibinunyag ng Banal na Espiritu ang Kanyang pagkakakilanlan bago nagsimula ang Kanyang ministeryo. Pagkatapos lamang Niyang simulan ang Kanyang ministeryo saka Niya binuwag ang mga patakarang iyon at mga kautusang iyon, at pagkatapos lamang Niyang opisyal na simulang gampanan ang Kanyang ministeryo na ang Kanyang mga salita ay napuno ng awtoridad at kapangyarihan. Pagkatapos lamang Niyang simulan ang Kanyang ministeryo saka nagsimula ang Kanyang gawain na magdala ng isang bagong kapanahunan. Bago nito, ang Banal na Espiritu ay nanatiling nakatago sa loob Niya sa loob ng 29 na taon, sa panahong yaon Kanyang kinatawan lamang ang isang tao at walang pagkakakilanlan ng Diyos. Nagsimula ang gawain ng Diyos sa Kanyang paggawa at pagganap ng Kanyang ministeryo, ginawa Niya ang Kanyang gawain alinsunod sa Kanyang panloob na plano nang hindi alintana gaano man ang alam ng tao tungkol sa Kanya, at ang gawaing Kanyang ginawa ay ang direktang representasyon ng Diyos Mismo. Sa panahong iyon, tinanong ni Jesus yaong mga nakapaligid sa Kanya, “Ano ang sabi ninyo kung sino Ako?” Sila ay sumagot, “Ikaw ang pinakadakila sa mga propeta at aming mabuting manggagamot.” At ang ilan ay sumagot, “Ikaw ang aming mataas na saserdote,” at iba pa. Lahat ng uri ng sagot ay ibinigay; sinabi pa ng ilan na Siya ay si Juan, na Siya si Elias. Bumaling si Jesus kay Simon Pedro at tinanong, “Ano ang sabi ninyo kung sino Ako?” Si Pedro ay sumagot, “Ikaw ang Cristo, Ang anak ng Diyos na buhay.” Mula noon namulat ang mga tao na Siya ang Diyos. Nang ang Kanyang pagkakakilanlan ay ipinaalam, si Pedro ang unang nakaalam nito at mula sa kanyang bibig ang gayon ay sinalita. Pagkatapos ay isinaad ni Jesus, “Ang iyong sinabi ay hindi ipinahayag sa iyo ng laman at dugo, ngunit ng Aking Ama.” Kasunod ng Kanyang bautismo, maging ito man ay nalalaman ng iba o hindi, ang

gawaing ginawa Niya ay sa ngalan ng Diyos. Siya ay dumating upang ipatupad ang Kanyang gawain, hindi upang ibunyag ang Kanyang pagkakakilanlan. Pagkatapos lamang sabihin ni Pedro ang mga salitang iyon saka hayag na nalaman ng tao ang Kanyang pagkakakilanlan. Nalalaman mo man o hindi na Siya ang Diyos Mismo, sinimulan Niya ang Kanyang gawain nang dumating ang panahon. At nagpatuloy Siya sa Kanyang gawain gaya ng dati, nalalaman mo man ito o hindi. Kahit na itinanggi mo ito, gagampanan pa rin Niya ang Kanyang gawain at ipatutupad ito kapag oras na para gawin ito. Siya ay dumating upang gawin ang Kanyang gawain at gampanan ang Kanyang ministryo, hindi para malaman ng tao ang Kanyang katawang-tao, kundi para tanggapin ng tao ang Kanyang gawain. Kung hindi mo nakilala na ang yugto ng gawain sa araw na ito ay sa Diyos Mismo, ito ay dahil kulang ka sa pangitain. Gayunman, hindi mo maaaring itanggi ang yugtong ito ng gawain; ang iyong kabiguan na makilala ito ay hindi nagpapatunay na hindi gumagawa ang Banal na Espiritu o na mali ang Kanyang gawain. Ang ilan ay sinusuri pa ang gawain ng kasalukuyan kumpara sa gawain ni Jesus sa Bibliya, at ginagamit ang anumang hindi pagkakatugma upang itanggi ang yugtong ito ng gawain. Hindi ba't ito ang kilos ng mga bulag? Ang mga naitala sa Bibliya ay limitado; hindi nito kayang kumatawan sa kabuuan ng gawain ng Diyos. Ang Apat na Ebanghelyo sa kabuuan ay wala pang isang daang kabanata, kung saan nakasulat ang takdang bilang ng mga pangyayari, tulad ng pagsumpa ni Jesus sa puno ng igos, tatlong pagtatwa ni Pedro sa Panginoon, pagpapakita ni Jesus sa mga alagad kasunod ng Kanyang pagkapako sa krus at muling pagkabuhay, pagtuturo tungkol sa pag-aayuno, pagtuturo tungkol sa panalangin, pagtuturo tungkol sa diborsiyo, ang kapanganakan at talaangkanan ni Jesus, ang paghirang ni Jesus sa mga alagad, at iba pa. Subalit, pinahahalagahan ang mga ito ng tao bilang mga kayamanan, at ikinukumpara pa sa mga ito ang gawain sa ngayon. Naniniwala pa nga sila na gumawa lamang nang gayon karami si Jesus sa Kanyang buhay, na para bang gayon lamang karami ang kayang gawin ng Diyos at wala nang iba pa. Hindi ba ito katawa-tawa?

Ang panahon na ginugol ni Jesus sa lupa ay tatlumpu't tatlo at kalahating taon, iyon ay, nanirahan Siya sa lupa sa loob ng tatlumpu't tatlo at kalahating taon. Tatlo at kalahating taon lamang ng panahong ito ang ginugol sa pagganap ng Kanyang ministryo; sa nalalabi, namuhay lamang Siya ng isang normal na buhay ng tao. Sa simula, dinaluhan Niya ang mga pagsamba sa sinagoga at doo'y nakinig sa paliwanag ng mga saserdote tungkol sa mga Banal na Kasulatan at sa pangangaral ng iba. Nagkamit Siya ng maraming kaalaman tungkol sa Bibliya: Hindi Siya isinilang na taglay ang gayong kaalaman, at nakamit lamang ito sa pamamagitan ng pagbabasa at pakikinig. Malinaw na nakatala sa Bibliya na Siya ay nagtanong sa mga guro sa sinagoga sa gulang na labindalawa: Anu-ano ang mga propesiya ng mga sinaunang propeta? Ano ang tungkol sa mga kautusan ni Moises? Ang Lumang Tipan? At ano ang tungkol sa paglilingkod ng tao sa Diyos habang nakasuot ng mga damit na pangsaserdote sa templo? ... Marami Siyang mga katanungan, sapagkat hindi Niya taglay ang kaalaman o pagkaunawa.

Bagama't Siya ay ipinaglihi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, Siya ay isinilang bilang isang ganap na normal na tao; sa kabila ng ilang espesyal na katangiang taglay Niya, Siya ay isa pa ring normal na tao. Ang Kanyang karunungan ay lumago nang tuluy-tuloy na naaayon sa Kanyang tayog at Kanyang edad, at Siya ay nagdaan sa mga yugto ng buhay ng isang normal na tao. Sa guni-guni ng tao, hindi naranasan ni Jesus ang kabataan at pagbibinata; nagsimula Siyang mabuhay bilang isang tatlumpung taong gulang na lalaki pagkapanganak pa lamang, at Siya ay ipinako sa krus nang matapos Niya ang Kanyang gawain. Malamang na hindi Siya nagdaan sa mga yugto ng buhay ng isang normal na tao; hindi Siya kumain ni nakisalamuha sa ibang tao, at hindi naging madali para sa mga tao na Siya ay masilayan. Marahil Siya ay hindi normal, na tinatakot yaong mga nakakita sa Kanya, sapagkat Siya ay Diyos. Naniniwala ang mga tao na ang Diyos na nagkatawang-tao ay tiyak na hindi nabubuhay gaya ng normal na tao; naniniwala sila na Siya ay malinis na hindi na kinakailangang magsipilyo ng Kanyang mga ngipin o hugasan ang Kanyang mukha, sapagkat Siya'y isang banal na tao. Hindi ba pawang mga kuru-kuro ng tao ang mga ito? Hindi itinatala ng Bibliya ang buhay ni Jesus bilang isang tao, tanging ang Kanyang gawain lamang, ngunit hindi nito pinapatunayan na Siya ay hindi nagkaroon ng normal na pagkatao o na hindi Siya namuhay ng isang normal na buhay ng tao bago ang edad na tatlumpu. Opisyal Niyang sinimulan ang Kanyang gawain sa edad na 29, ngunit hindi mo maaaring balewalain ang Kanyang buong buhay bilang isang tao bago ang edad na iyon. Hindi lamang isinama ng Bibliya ang panahong iyon sa mga talaan nito; dahil ito ay Kanyang buhay bilang isang normal na tao at hindi ang panahon ng Kanyang gawain bilang Diyos, walang pangangailangang isulat ito. Dahil bago binautismuhan si Jesus, hindi tuwirang gumawa ang Banal na Espiritu, kundi pinanatili lamang Siya sa Kanyang buhay bilang isang normal na tao hanggang sa araw na nararapat nang gampanan ni Jesus ang Kanyang ministryo. Kahit Siya ang Diyos na nagkatawang-tao, sumailalim Siya sa proseso ng paggulang tulad ng nangyayari sa isang normal na tao. Hindi isinama ang prosesong ito sa Bibliya, dahil wala itong maibibigay na malaking tulong sa paglago ng tao sa buhay. Ang panahon bago ang Kanyang bautismo ay isang natatagong yugto, kung saan hindi Siya gumawa ng mga tanda at mga kababalaghan. Sinimulan lamang ni Jesus pagkatapos ng Kanyang bautismo ang lahat ng gawain ng pagtubos sa sangkatauhan, gawain na sagana at puno ng biyaya, katotohanan, at pag-ibig at awa. Ang simula ng gawaing ito ang mismong pagsisimula rin ng Kapanahunan ng Biyaya; dahil dito, naisulat ito at ipinasa hanggang sa kasalukuyan. Nagbukas ito ng isang daan palabas at tinupad ang lahat upang yaong nasa Kapanahunan ng Biyaya ay lakaran ang daan ng Kapanahunan ng Biyaya at ang daan ng krus. Bagama't ang mga tala niyon ay isinulat ng tao, lahat ay katunayan, na mayroon lamang maliliit na pagkakamali sa ilang bagay. Gayunpaman, hindi masasabing hindi totoo ang mga talang ito. Ang mga nakatalang bagay ay totoo lahat, nagkaroon lamang ng mga pagkakamali sapagkat ang mga ito ay isinulat ng tao. Sasabihin ng ilan na si Jesus ay isa na may normal at karaniwang pagkatao, kaya

paanong nangyari na mayroon Siyang kakayahan sa paggawa ng mga tanda at mga hiwaga? Ang apatnapung araw ng panunuksong pinagdaanan ni Jesus ay isang tanda ng himala, na hindi makakayang magawa ng isang normal na tao. Ang Kanyang apatnapung araw ng pagkatukso ay nasa kalikasan ng paggawa ng Banal na Espiritu; paano masasabi kung gayon ng isang tao na wala ni kaunting hindi pangkaraniwan sa Kanya? Ang Kanyang kakayahang gumawa ng mga tanda at kababalaghan ay hindi patunay na Siya ay isang hindi pangkaraniwan at hindi normal na tao; gumawa lamang ang Banal na Espiritu sa isang normal na taong katulad Niya, sa gayon ay naging posible para sa Kanya na magsagawa ng mga himala at gumawa ng mas dakilang bagay. Bago gumanap si Jesus ng Kanyang ministeryo, o tulad ng sinasabi sa Bibliya, bago bumaba ang Banal na Espiritu sa Kanya, isa lamang normal na tao si Jesus at hindi higit sa karaniwan sa anumang paraan. Sa pagbaba ng Banal na Espiritu sa Kanya, iyon ay, nang nagsimula Siya sa pagganap ng Kanyang ministeryo, Siya ay nagkaroon ng higit sa pangkaraniwan. Sa ganitong paraan, ang tao ay napapaniwala na ang laman ng nagkatawang-taong Diyos ay walang normal na pagkatao; bukod pa rito, mali ang iniisip niya na ang Diyos na nagkatawang-tao ay mayroon lamang pagka-Diyos, walang pagkatao. Tiyak, kapag dumarating ang Diyos sa lupa para gawin ang Kanyang gawain, ang nakikita lamang ng tao ay mga pangyayaring di-pangkaraniwan. Ang namamasdan ng kanilang mga mata at naririnig ng kanilang mga tainga ay puro di-pangkaraniwan, dahil ang Kanyang gawain at Kanyang mga salita ay hindi nila kayang unawain at matamo. Kung may bagay sa langit na dinala sa lupa, paano ito magiging ano pa man kundi higit sa karaniwan? Kapag dinala sa lupa ang mga hiwaga ng kaharian ng langit, ang mga hiwagang hindi maunawaan at hindi maarok ng tao, na masyadong nakakamangha at matalino—hindi ba ang lahat ng ito ay higit sa karaniwan? Subalit, dapat mong malaman na kahit gaano man ito higit sa karaniwan, ang lahat ay isinasakatuparan sa saklaw ng Kanyang normal na pagkatao. Ang laman ng nagkatawang-taong Diyos ay nagtataglay ng pagkatao; kung hindi, hindi Siya magiging laman ng nagkatawang-taong Diyos. Sa panahong Niya, si Jesus ay gumanap ng maraming malalaking himala. Ang nakita ng mga Israelita ng panahong iyon ay puno ng mga bagay na di-pangkaraniwan; nakakita sila ng mga anghel at ng mga sugo, at narinig ang tinig ni Jehova. Hindi ba di-pangkaraniwan ang lahat ng ito? Tiyak, mayroon ngayong ilang masasamang espiritu na nilililang ang tao gamit ang mga bagay na di-pangkaraniwan; yaon ay walang iba kundi panggagaya lamang nila, upang linlangin ang tao sa pamamagitan ng gawain na hindi ginagawa sa kasalukuyan ng Banal na Espiritu. Maraming taong nagsasagawa ng mga himala at nagpapagaling ng maysakit at nagpapalayas ng mga demonyo; ang mga ito ay walang iba kundi gawain ng masasamang espiritu, sapagkat ang Banal na Espiritu ay hindi na gumagawa ng gayong gawain sa kasalukuyan, at lahat ng gumaya sa gawain ng Banal na Espiritu mula noon ay masasamang espiritu talaga. Lahat ng gawaing ipinatupad sa Israel sa panahong iyon ay yaong di-pangkaraniwan, bagama't ang Banal na Espiritu ay hindi na gumagawa sa ngayon sa gayong paraan, at anumang gayong

gawain ngayon ay panggagaya at pagbabalatkayo ni Satanas at paggambala nito. Ngunit hindi mo masasabi na lahat ng di-pangkaraniwan ay kagagawan ng masasamang espiritu—ito ay nakabatay sa kapanahunan ng gawain ng Diyos. Isipin mo ang gawaing ginawa ng nagkatawang-taong Diyos sa kasalukuyang panahon: Anong aspeto nito ang hindi di-pangkaraniwan? Ang Kanyang mga salita ay hindi mo mauunawaan at hindi mo matatamo, at ang Kanyang gawain ay hindi makakayang gawin ng sinumang tao. Ang nauunawaan Niya ay hindi maaaring maunawaan ng tao, at hindi rin nalalaman ng tao kung saan nagmumula ang Kanyang kaalaman. Sinasabi ng ilan, “Normal din akong kagaya Mo, ngunit paanong hindi ko nalalaman ang nalalaman Mo? Ako ay mas matanda at mas mayaman sa karanasan, ngunit paanong nalalaman Mo yaong hindi ko nalalaman?” Ang lahat ng ito ay hindi magagawang matamo ng tao. Nandiyan pa yaong mga nagsasabi, “Walang sinuman ang nakaaalam sa gawain na ipinatupad sa Israel, at maging ang mga nagpapaliwanag ng Bibliya ay hindi makapagbigay ng paliwanag; paano Mo nalaman?” Hindi ba ang lahat ng ito ay mga bagay na di-pangkaraniwan? Wala Siyang karanasan sa mga kababalaghan, ngunit alam Niya ang lahat; nagsasalita at nagpapahayag Siya ng katotohanan nang napakadali. Hindi ba ito di-pangkaraniwan? Nilalampasan ng Kanyang gawain yaong maaaring matamo ng katawang-tao. Hindi ito maaaring makamit ng pag-iisip ng sinumang tao na may katawang gawa sa laman at ito ay lubos na di-maaarok ng isip at katwiran ng tao. Bagama’t hindi pa Niya kailanman binasa ang Bibliya, nauunawaan Niya ang gawain ng Diyos sa Israel. At bagama’t Siya ay nakatayo sa lupa habang Siya ay nagsasalita, nagsasalita Siya tungkol sa mga misteryo ng ikatlong langit. Kapag binabasa ng tao ang mga salitang ito, isang damdamin ang dumadaig sa kanya: “Hindi ba ito ang wika ng ikatlong langit?” Hindi ba ang lahat ng ito ay mga bagay na lumalampas sa kayang matamo ng isang normal na tao? Sa panahong iyon, nang si Jesus ay sumailalim sa apatnapung araw ng pag-aayuno, hindi ba iyon di-pangkaraniwan? Kung sinasabi mo na ang apatnapung araw ng pag-aayuno ay laging di-pangkaraniwan at isang gawa ng masasamang espiritu, hindi mo ba hinatulan kung gayon si Jesus? Bago ang pagganap ni Jesus sa Kanyang ministeryo, Siya ay kagaya ng isang normal na tao. Nag-aral din Siya sa paaralan; paano pa kaya Siya natutong magbasa at magsulat? Nang ang Diyos ay naging tao, ang Espiritu ay nakatago sa loob ng katawang-tao. Gayunman, dahil isa Siyang normal na tao, kinailangan Siyang sumailalim sa isang proseso ng paglago at pagtanda, at hangga’t hindi gumugulang ang Kanyang isipan, at hindi Niya nagagawang mahiwatigan ang mga bagay-bagay, hindi Siya maaaring ituring na isang normal na tao. Nang gumulang lamang ang Kanyang pagkatao saka Niya nagampanan ang Kanyang ministeryo. Paano Niya magagampanan ang Kanyang ministeryo kung ang Kanyang normal na pagkatao ay hindi pa gumugulang at ang Kanyang katwiran ay hindi pa mahusay? Tiyak na hindi Siya maaasahan na gampanan ang Kanyang ministeryo sa gulang na anim o pito! Bakit hindi ipinakita ng Diyos ang Kanyang Sarili nang hayagan nang Siya ay unang naging tao? Sapagkat ang pagkatao ng Kanyang katawan ay wala pa sa gulang; ang pag-iisip ng Kanyang

katawan, gayundin ang normal na pagkatao ng katawang ito, ay hindi pa Niya lubos na taglay. Dahil dito, ganap na pangangailangan para sa Kanya na magtaglay ng normal na pagkatao at sentido kumon ng isang normal na tao—hanggang sa maging handa Siyang isagawa ang Kanyang gawain sa katawang-tao—bago Niya masisimulan ang Kanyang gawain. Kung hindi Siya handa, kinailangan sana Niya na magpatuloy na lumago at gumulang. Kung sinimulan ni Jesus ang Kanyang gawain sa gulang na pito o walo, hindi ba Siya ituturing ng tao bilang isang kamangha-manghang bata? Hindi ba iisipin ng lahat ng tao na Siya ay isang bata lamang? Sinong mag-iisip na kapanipaniwala Siya? Ang isang bata na pito o walong taong gulang na kasingtaas lamang ng plataporma na nasa harapan Niya—nararapat ba Siyang mangaral? Bago gumulang ang Kanyang normal na pagkatao, Hindi pa Niya kaya. Pagdating naman sa Kanyang pagkatao na wala pa sa gulang, malaking bahagi ng gawain ang sadyang hindi pa kayang matamo. Ang gawain ng Espiritu ng Diyos sa katawang-tao ay pinamamahalaan din ng sarili nitong mga alituntunin. Maaari lamang Siyang magsagawa ng gawain at gampanan ang iniatas ng Ama kapag nagtataglay na Siya ng normal na pagkatao. Pagkatapos lamang noon Niya maaaring simulan ang Kanyang gawain. Sa Kanyang pagkabata, sadyang hindi naintindihan ni Jesus ang anuman sa karamihan ng naganap sa sinaunang panahon, at sa pamamagitan lamang ng pagtatanong sa mga guro sa sinagoga Niya naunawaan. Kung nagsimula Siya sa Kanyang gawain sa oras na natuto Siyang magsalita, paano naging posible para sa Kanya na hindi makagawa ng anumang mga pagkakamali? Paano makakagawa ang Diyos ng mga maling hakbang? Samakatuwid, pagkatapos lamang Niyang makayang gumawa na Siya ay nagsimula sa Kanyang gawain; hindi Siya nagsagawa ng anumang gawain hanggang ganap Siyang handa sa pagsasagawa nito. Sa edad na 29, nasa gulang na si Jesus at sapat na ang Kanyang pagkatao upang magsagawa ng gawain na gagawin Niya. Noon lamang opisyal na sinimulan ng Espiritu ng Diyos na gumawa sa Kanya. Nang panahong iyon, pitong taon nang naghanda si Juan ng daan para sa Kanya, at sa pagtatapos ng kanyang gawain, ikinulong si Juan sa bilangguan. Pagkatapos ay ganap na napunta ang pasanin kay Jesus. Kung isinagawa Niya ang gawaing ito sa edad na 21 o 22, noong kulang pa Siya sa pagkatao, noong kapapasok pa lamang Niya sa pagkabinata, at kulang pa sa pang-unawa sa maraming bagay, hindi pa Niya kakayaning mamuno. Noong panahong iyon, natupad na ni Juan ang kanyang gawain ng ilang panahon bago simulan ni Jesus ang Kanyang gawain sa Kanyang pagkabinata. Sa edad na iyon, sapat na ang Kanyang normal na pagkatao upang magsagawa ng gawain na dapat Niyang gawin. Ngayon, ang nagkatawang-taong Diyos ay mayroon ding normal na pagkatao at, bagama't hindi ganoon kagulang kumpara sa mga nakatatanda sa inyo, ang pagkataong ito ay sapat na para isagawa ang Kanyang gawain. Ang kalagayan ng gawain sa kasalukuyan ay hindi lubos na kagaya noong panahon ni Jesus. Bakit pinili ni Jesus ang labindalawang apostol? Ito lahat ay bilang tulong sa Kanyang gawain at kaagapay nito. Sa isang banda, ito ay upang ilatag ang saligan para sa Kanyang gawain sa panahong

iyon, at sa kabilang banda ay upang ilatag ang saligan para sa Kanyang gawain sa mga susunod na araw. Alinsunod sa gawain noon, kalooban ni Jesus na piliin ang labindalawang apostol, dahil iyon ang kalooban ng Diyos Mismo. Naniwala Siya na dapat Niyang piliin ang labindalawang apostol at pagkatapos ay akayin sila sa pangangaral sa lahat ng dako. Ngunit wala nang pangangailangan sa inyo na gawin ito sa kasalukuyan! Maraming prinsipyo kapag gumagawa ang Diyos na nagkatawang-tao sa laman, at maraming bagay na sadyang hindi maunawaan ang tao; patuloy na ginagamit ng tao ang kanyang sariling mga kuru-kuro upang sukatin Siya, o gumawa ng labis na mga kahilingan sa Kanya. At hanggang sa araw na ito, marami ang walang kamalayan na ang kanilang kaalaman ay binubuo lamang ng kanilang sariling mga kuru-kuro. Anuman ang kapanahunan o lugar kung saan nagkatawang-tao ang Diyos, nananatili pa ring hindi nagbabago ang mga prinsipyo ng Kanyang gawain sa katawang-tao. Hindi Siya maaaring maging katawang-tao pero lampasan ang katawang-tao upang gumawa; lalong hindi Siya maaaring maging tao pero hindi gumawa sa saklaw ng normal na pagkatao ng katawang-tao. Kung hindi, mapapawi ang kabuluhan ng pagkakatawang-tao ng Diyos, at magiging ganap na walang kahulugan ang Salita na naging tao. Dagdag pa rito, tanging ang Ama sa langit (ang Espiritu) ang nakakaalam ng pagkakatawang-tao ng Diyos, at wala nang iba, hindi kahit ang katawang-tao Mismo o ang mga sugo ng langit. Dahil dito, lalong mas normal ang gawain ng Diyos sa katawang-tao at mas makakapagpakita na ang Salita ay nagkatawang-tao nga; at na ang ibig sabihin ng katawang-tao ay isang ordinaryo at normal na tao.

Maaaring magtaka ang ilan, “Bakit kinakailangang ang kapanahunan ay ihatid ng Diyos Mismo? Hindi ba maaaring ang isang nilalang ay tumayo na kahalili Niya?” Batid ninyong lahat na naging tao ang Diyos para sa mismong layunin ng paghahatid ng isang bagong kapanahunan, at, siyempre, kapag inihahatid Niya ang isang bagong kapanahunan, kasabay nito ay natapos na rin Niya ang naunang kapanahunan. Ang Diyos ang Simula at ang Katapusan; Siya Mismo ang nagpapatakbo ng Kanyang gawain at kaya dapat Siya Mismo ang tatapos sa naunang kapanahunan. Iyon ang patunay na tinalo Niya si Satanas at nilupig ang mundo. Tuwing gumagawa Siya Mismo sa gitna ng tao, ito ay simula ng isang bagong labanan. Kung walang pagsisimula ng bagong gawain, natural na walang pagtatapos ng dati. At kapag walang pagtatapos ng dati, patunay ito na ang pakikipagdigma kay Satanas ay hindi pa natatapos. Tanging kung ang Diyos Mismo ang dumarating at nagsasakatuparan ng bagong gawain sa gitna ng tao na ganap na makakalaya ang tao mula sa sakop ni Satanas at makakatamo ng isang bagong buhay at bagong simula. Kung hindi, mamumuhay magpakailanman ang tao sa dating kapanahunan at mamumuhay magpakailanman sa ilalim ng dating impluwensiya ni Satanas. Sa bawa’t kapanahunan na pinangunahan ng Diyos, ang isang bahagi ng tao ay napapalaya, at sa gayon ay sumusulong ang tao kasama ng gawain ng Diyos patungo sa bagong kapanahunan. Ang tagumpay ng Diyos ay tagumpay ng lahat ng sumusunod sa Kanya. Kung ang sangkatauhang nilikha ang nakaatas na magtapos ng

kapanahunan, sa pananaw man ng tao o ni Satanas, ito ay walang iba kundi isang gawa na sumasalungat o nagtataksil sa Diyos, hindi ng pagsunod sa Diyos, at ang gawa ng tao ay magiging kasangkapan para kay Satanas. Magiging ganap na kumbinsido lamang si Satanas kung tatalima at susunod ang tao sa Diyos sa isang kapanahunan na inihatid ng Diyos Mismo, dahil iyon ang tungkulin ng isang nilalang. Kaya sinasabi Ko na kailangan lamang ninyong sumunod at tumalima, at wala nang ibang hinihingi sa inyo. Iyon ang ibig sabihin ng pagtupad ng bawa't isa sa kanyang tungkulin at pagganap ng kanyang gawain. Ginagawa ng Diyos ang Kanyang sariling gawain at hindi kailangan ang tao na humalili sa paggawa ng Kanyang gawain, at hindi rin Niya isinasangkot ang Kanyang Sarili sa gawain ng mga nilalang. Gumaganap ang tao ng kanyang sariling tungkulin at hindi lumalahok sa gawain ng Diyos. Ito lamang ang tunay na pagsunod at patunay na natalo na si Satanas. Pagkatapos ng Diyos Mismo na maghatid sa bagong kapanahunan, hindi na Siya Mismo gumagawa sa gitna ng tao. Pagkatapos noon saka lamang opisyal na humahakbang ang tao patungo sa bagong kapanahunan upang gampanan ang kanyang tungkulin at tuparin ang kanyang misyon bilang isang nilalang. Ito ang mga prinsipyo ng paggawa ng Diyos, na hindi maaaring suwayin ninuman. Ang ganitong paraan lamang ng paggawa ang matino at makatwiran. Ang gawain ng Diyos ay ginagawa ng Diyos Mismo. Siya ang nagpapasimulang magpatakbo ng Kanyang gawain, at Siya rin ang tumatapos nito. Siya ang nagpaplano ng gawain, at Siya rin ang namamahala nito, at lalo na, Siya ang nagpapabunga sa gawain. Tulad ito ng nakasaad sa Bibliya, "Ako ang Pasimula at ang Katapusan; Ako ang Tagahasik at ang Tagaani." Ang lahat ng may kaugnayan sa gawain ng Kanyang pamamahala ay ginagawa Niya Mismo. Siya ang Tagapamahala ng anim-na-libong-taong plano ng pamamahala; walang sinuman ang makakagawa ng Kanyang gawain bilang kahalili Niya o magtatapos ng Kanyang gawain, dahil Siya ang may kontrol ng lahat. Dahil nilikha Niya ang mundo, aakayin Niya ang buong mundo na mamuhay sa Kanyang liwanag, at tatapusin Niya rin ang buong kapanahunan upang dalhin ang lahat ng Kanyang plano sa katuparan!

Ang Hiwaga ng Pagkakatawang-tao 2

Sa panahong si Jesus ay gumawa sa Judea, gumawa Siya nang lantaran, ngunit ngayon, gumagawa at nagsasalita Ako sa inyo nang lihim. Ganap na hindi ito alam ng mga hindi mananampalataya. Ang Aking gawain sa inyo ay sarado sa mga nasa labas. Ang mga salitang ito, ang mga pagkastigo at mga paghatol na ito, ay hayag lamang sa inyo at hindi sa iba pa. Lahat ng gawaing ito ay isinasagawa sa inyo at inihahayag lamang sa inyo; wala sa mga hindi mananampalataya ang nakakaalam nito, dahil hindi pa dumarating ang oras. Malapit nang maging ganap ang mga taong narito matapos na tiisin ang mga pagkastigo, ngunit walang alam ang mga nasa labas tungkol dito. Masyadong nakatago ang gawaing ito! Para sa kanila, natatago ang pagkakatawang-tao

ng Diyos, ngunit sa mga nasa daloy na ito, maaaring sabihin na Siya ay hayag. Bagama't ang lahat ay bukas sa Diyos, ang lahat ay inihahayag, at ang lahat ay napapalaya, totoo lamang ito sa mga taong naniniwala sa Kanya; kung ang mga nalalabi, ang mga hindi mananampalataya, ang pag-uusapan, walang ipinaalam sa kanila. Ang gawaing kasalukuyang isinasagawa sa inyo at sa China ay mahigpit na nakasarado, upang hindi nila malaman. Kung malalaman nila ang gawaing ito, pagkondena at pag-uusig lamang ang gagawin nila rito. Hindi sila maniniwala rito. Ang gumawa sa bansa ng malaking pulang dragon, ang pinakapaurong sa mga lugar, ay hindi isang madaling gawain. Kung ang gawaing ito ay ihahayag, magiging imposibleng magpatuloy ito. Ang yugtong ito ng gawain ay sadyang hindi maisasagawa sa lugar na ito. Kung ang gawaing ito ay isasagawa nang lantaran, paano nila pahihintulutan itong sumulong? Hindi ba ito magdadala ng mas malaking panganib sa gawain? Kung hindi itinago ang gawaing ito, at sa halip ay isinagawa tulad sa panahon ni Jesus, nang kamangha-mangha Siyang nagpagaling ng maysakit at nagpalayas ng mga demonyo, hindi kaya matagal na itong "sinunggaban" ng mga demonyo? Kaya ba nilang tiisin ang pag-iral ng Diyos? Kung papasok Ako ngayon sa mga sinagoga upang mangaral at magbigay ng sermon sa tao, hindi kaya matagal na Akong nagkadurug-durog? At kung nangyari ito, paano patuloy na maisasagawa ang Aking gawain? Ang dahilan kung bakit ang mga tanda at kababalaghan ay hindi ipinapamalas nang lantaran ay para magkubli. Kaya ang Aking gawain ay hindi maaaring makita, malaman, o matuklasan ng mga hindi mananampalataya. Kung ang yugtong ito ng gawain ay gagawin sa parehong paraan tulad ng kay Jesus sa Kapanahunan ng Biyaya, hindi ito magiging napakatatag gaya ngayon. Kaya, ang gumawa nang patago sa paraang ito ay may benepisyo sa inyo at sa kabuuan ng gawain. Kapag ang gawain ng Diyos sa lupa ay dumarating na sa katapusan, ibig sabihin, kapag ang lihim na gawaing ito ay natatapos na, ang yugtong ito ng gawain ay mahahayag. Malalaman ng lahat na may isang grupo ng mga mananagumpay sa China; malalaman ng lahat na nasa China ang Diyos na nagkatawang-tao at dumating na sa pagtatapos ang Kanyang gawain. Doon lamang magliliwanag sa tao: Bakit hindi pa nagpapakita ang China ng paghina o pagbagsak? Lumalabas na ang Diyos ay personal na nagsasagawa ng Kanyang gawain sa China at ginawang perpekto ang isang grupo ng tao para maging mga mananagumpay.

Ipinapamalas lamang ng Diyos na nagkatawang-tao ang Kanyang sarili sa ilang tao na sumusunod sa Kanya sa panahong ito kung kailan personal Niyang isinasagawa ang Kanyang gawain, at hindi sa lahat ng nilalang. Naging tao lamang Siya upang makumpleto ang isang yugto ng Kanyang gawain, hindi upang ipakita sa tao ang Kanyang larawan. Gayunpaman, dapat na isakatuparan Niya mismo ang Kanyang gawain, kaya kinakailangan Niya itong gawin sa katawang-tao. Kapag nagtatapos na ang gawaing ito, aalis na Siya mula sa daigdig ng mga tao; hindi Siya maaaring manatili nang mahabang panahon sa sangkatauhan dahil sa takot na mahadlangan ang darating na gawain. Ang ipinapamalas Niya sa marami ay ang Kanya lamang matuwid na disposisyon at ang lahat

ng Kanyang gawa, at hindi ang larawan nang dalawang beses Siyang nagkatawang-tao, dahil ang larawan ng Diyos ay maaari lamang maipakita sa Kanyang disposisyon, at hindi mapapalitan ng larawan ng Kanyang nagkatawang-taong laman. Ipinapakita lamang sa limitadong bilang ng mga tao ang larawan ng Kanyang katawang-tao, tanging sa mga taong sumusunod sa Kanya habang gumagawa Siya sa katawang-tao. Ito ang dahilan kung bakit ang gawaing isinasakatuparan ngayon ay ginagawa nang lihim. Tulad ni Jesus na ipinakita lamang ang Kanyang sarili sa mga Hudyo noong ginawa Niya ang Kanyang gawain, at hindi kailanman hayagan na ipinakita ang Kanyang sarili sa ibang bansa. Kaya, sa sandaling nakumpleto Niya ang Kanyang gawain, kaagad Niyang nilisan ang mundo ng mga tao at hindi nanatili; pagkatapos, hindi Siya, na larawan ng tao, ang nagpakita ng Kanyang sarili sa tao, kundi ang Banal na Espiritu na direktang nagsakatuparan ng gawain. Kapag ganap nang natapos ang gawain ng Diyos na nagkatawang-tao, aalis na Siya mula sa mortal na mundo, at hindi na Siya kailanman muling gagawa ng anumang gawain na katulad ng Kanyang ginawa noong Siya ay nagkatawang-tao. Pagkatapos nito, ang gawain ay direktang ginagawa lahat ng Banal na Espiritu. Sa panahong ito, halos hindi nakikita ng tao ang Kanyang larawan sa katawang-tao; hindi Niya ipinapakita ang Kanyang sarili sa tao sa anumang paraan, at nananatiling nakatago magpakailanman. May limitadong oras para sa gawain ng Diyos na nagkatawang-tao. Isinasakatuparan ito sa isang tiyak na kapanahunan, oras, bansa at sa mga partikular na tao. Ang gawaing ito ay kumakatawan lamang sa gawain sa panahong ang Diyos ay nagkatawang-tao; ito ay kumakatawan sa isang kapanahunan, at kumakatawan ito sa gawain ng Espiritu ng Diyos sa isang partikular na kapanahunan, at hindi sa kabuuan ng Kanyang gawain. Samakatuwid, hindi nagpapakita sa lahat ng tao ang larawan ng Diyos na nagkatawang-tao. Ang nagpapakita sa marami ay ang kabuuan ng pagiging matuwid ng Diyos at ng Kanyang disposisyon, sa halip na ang Kanyang larawan nang dalawang beses Siyang naging tao. Ang nagpapakita sa tao ay hindi ang isang larawan, ni ang dalawang larawang pinagsama. Samakatuwid, kinakailangang umalis sa daigdig ang laman ng nagkatawang-taong Diyos kapag nakumpleto na ang gawain na kailangan Niyang gawin, sapagkat dumarating lamang Siya upang gawin ang gawain na dapat Niyang gawin, at hindi upang ipakita sa mga tao ang Kanyang larawan. Kahit na ang kahalagahan ng pagkakatawang-tao ay natupad na ng Diyos nang dalawang beses Siyang maging tao, hindi pa rin Niya lantarang ipapamalas ang Kanyang sarili sa anumang bansa na kailanman ay hindi pa Siya nakita. Hindi na kailanman muling ipapakita ni Jesus ang Kanyang sarili sa mga Hudyo bilang ang Araw ng katuwiran, at hindi na rin Siya aakyat sa Bundok ng mga Olibo at magpapakita sa lahat ng tao; ang nakita lamang ng mga Hudyo ay ang larawan ni Jesus sa Kanyang panahon sa Judea. Ito ay dahil ang gawain ni Jesus sa Kanyang pagkakatawang-tao ay natapos na dalawang libong taon na ang nakakaraan; hindi Siya babalik sa Judea sa larawan ng isang Hudyo, lalo nang hindi Niya ipapakita ang Kanyang sarili sa larawan ng isang Hudyo sa alinman sa mga bansang Hentil, sapagkat ang larawan ni Jesus na

nagkatawang-tao ay ang larawan lamang ng isang Hudyo, at hindi ang larawan ng Anak ng tao na nakita ni Juan. Bagama't ipinangako ni Jesus sa Kanyang mga tagasunod na Siya ay muling darating, hindi Niya basta ipapakita ang Kanyang sarili sa larawan ng isang Hudyo sa lahat ng nasa mga bansang Hentil. Dapat ninyong malaman na ang gawain ng Diyos na naging tao ay ang magbukas ng isang bagong kapanahunan. Ang gawaing ito ay limitado sa iilang taon, at hindi Niya matatapos ang lahat ng gawain ng Espiritu ng Diyos, kapareho ng kung paanong ang larawan ni Jesus bilang isang Hudyo ay maaari lamang kumatawan sa larawan ng Diyos noong gumawa Siya sa Judea, at ang maaari lamang Niyang gawin ay ang gawain ng pagpapapakita sa krus. Noong panahon na si Jesus ay nagkatawang-tao, hindi Niya maaaring gawin ang gawain ng paghahatid ng kapanahunan sa isang katapusan o pagwasak sa sangkatauhan. Samakatuwid, pagkatapos Niyang maipako sa krus at matapos ang Kanyang gawain, umakyat Siya sa kaitaasan at ikinubli ang Kanyang sarili mula sa tao magpakailanman. Mula noon, ang mga tapat na mananampalataya sa mga bansang Hentil ay hindi nakakita ng pagpapamalas ng Panginoong Jesus, at nakita lamang ang larawan Niya na inilagay nila sa mga pader. Ang larawan na ito ay isa lamang guhit ng tao, at hindi ang larawan na ipinakita ng Diyos Mismo sa tao. Hindi lantarang ipapakita ng Diyos ang Kanyang sarili sa maraming tao sa larawan nang Siya ay dalawang beses na nagkatawang-tao. Ang gawaing ginagawa Niya sa sangkatauhan ay ang tulutan silang maunawaan ang Kanyang disposisyon. Itong lahat ay ipinapakita sa tao sa pamamagitan ng gawain ng iba't ibang kapanahunan; natutupad ito sa pamamagitan ng disposisyon na ipinaalam Niya at ng gawaing Kanyang isinakatuparan, sa halip na sa pamamagitan ng pagpapakita ni Jesus. Ibig sabihin, ang larawan ng Diyos ay ipinapaalam sa tao hindi sa pamamagitan ng nagkatawang-taong larawan, kundi sa pamamagitan ng gawain na isinagawa ng Diyos na nagkatawang-tao na may kapwa larawan at anyo; at sa pamamagitan ng Kanyang gawain, ang Kanyang larawan ay ipinapakita at ang Kanyang disposisyon ay ipinapaalam. Ito ang kahalagahan ng gawain na nais Niyang gawin sa katawang-tao.

Sa sandaling ang gawain ng dalawang pagkakatawang-tao ng Diyos ay dumarating na sa katapusan, magsisimula na Siyang magpakita ng Kanyang matuwid na disposisyon sa lahat ng bansa ng mga hindi mananampalataya, na magtutulot sa maraming tao na makita ang Kanyang larawan. Ipapamalas Niya ang Kanyang disposisyon at sa pamamagitan nito ay gagawing malinaw ang katapusan ng iba't ibang uri ng tao, sa gayong paraan ay madadala ang lumang kapanahunan sa ganap na katapusan. Ang dahilan kung bakit ang Kanyang gawain sa katawang-tao ay hindi napakalawak (katulad noong gumawa lamang si Jesus sa Judea, at ngayon ay gumagawa lamang Ako sa inyo) ay dahil ang Kanyang gawain sa katawang-tao ay may mga hangganan at limitasyon. Isinasagawa lamang Niya ang isang maikling panahon ng gawain sa larawan ng isang karaniwan at normal na katawang-tao; hindi Niya ginagamit ang laman na ito na nagkatawang-tao para isakatuparan ang gawain ng walang hanggan o ang gawain ng pagpapakita sa mga tao ng mga bansa ng mga hindi mananampalataya. Ang gawain sa katawang-tao ay limitado

lamang ang saklaw (gaya ng paggawa lamang sa Judea o sa inyo), at pagkatapos, ang saklaw nito ay maaaring palawakin sa pamamagitan ng gawain na isinasakatuparan sa loob ng mga hangganan na ito. Siyempre, ang gawain ng pagpapalawak ay direktang isasagawa ng Kanyang Espiritu at hindi na magiging gawain ng Kanyang katawang-tao. Sapagkat ang gawain sa katawang-tao ay may mga hangganan at hindi umaabot sa lahat ng sulok ng sansinukob—ito ay hindi nito magagawa. Sa pamamagitan ng gawain sa katawang-tao, isinasakatuparan ng Kanyang Espiritu ang susunod na gawain. Samakatuwid, ang gawain na ginawa sa katawang-tao ay isa sa simulaing isinasakatuparan sa loob ng mga hangganan; pagkatapos nito, ang Kanyang Espiritu ang nagpapatuloy sa gawaing ito, at ginagawa Niya ito sa mas malawak na saklaw.

Dumarating ang Diyos upang gumawa sa lupa para lamang gabayan ang kapanahunan; ang tanging layunin Niya ay ang magbukas ng isang bagong kapanahunan at dalhin ang luma sa katapusan. Hindi Siya naparito upang isabuhay ang buong buhay ng isang tao sa lupa, upang maranasan Niya Mismo ang mga kasiyahan at kalungkutan ng buhay sa mundo ng tao, o upang gawing perpekto ang isang tao sa pamamagitan ng Kanyang kamay o personal na panoorin ang isang partikular na tao habang siya ay lumalaki. Hindi Niya ito gawain; ang Kanyang gawain lamang ay ang simulan ang bagong kapanahunan at tapusin ang luma. Ibig sabihin, personal Siyang magsisimula ng isang kapanahunan, personal na dadalhin ang isa pa sa katapusan, at tatalunin si Satanas sa pamamagitan ng personal na pagsasagawa ng Kanyang gawain. Tuwing isinasakatuparan Niya ang Kanyang gawain nang personal, tila inilalagay Niya ang isa Niyang paa sa lugar ng digmaan. Una, nilulupig Niya ang mundo at nagwawagi laban kay Satanas habang nasa katawang-tao; nagtatamo Siya ng lahat ng kaluwalhatian at sinisimulan ang kabuuan ng gawain ng dalawang libong taon, ito ay upang ang lahat ng tao sa mundo ay magkaroon ng tamang landas na susundan, at isang buhay na payapa at masaya. Gayunman, ang Diyos ay hindi maaaring mamuhay na kasama ng tao sa mundo nang matagal, dahil ang Diyos ay Diyos, at hindi tulad ng tao matapos ang lahat. Hindi Niya maaaring isabuhay ang buong buhay ng isang normal na tao, ibig sabihin, hindi Siya maaaring tumira sa mundo bilang isang taong ordinaryo lamang, dahil mayroon lamang Siyang napakaliit na bahagi ng normal na pagkatao ng isang normal na tao para tustusan ang Kanyang buhay bilang tao. Sa madaling salita, paano makakapagsimula ang Diyos ng pamilya, magkakaroon ng karera, at magpapalaki ng mga anak sa mundo? Hindi ba ito magiging isang kahihyan sa Kanya? Ang pagkakaroon Niya ng normal na pagkatao ay para lamang sa layunin na isakatuparan ang gawain sa normal na paraan, hindi upang bigyan Siya ng kakayahang magkaroon ng isang pamilya at propesyon na tulad ng isang normal na tao. Ang Kanyang normal na pandama, normal na pag-iisip, at ang normal na pagpapakain at pagdadamit sa Kanyang katawang-tao ay sapat na upang patunayang mayroon Siyang normal na pagkatao; hindi na Niya kailangang magkaroon ng pamilya o karera upang patunayang Siya ay pinagkalooban ng normal na pagkatao. Ito ay ganap na hindi kinakailangan! Ang pagdating ng Diyos sa mundo ay ang pagiging tao ng Salita;

pinahihintulutan lamang Niya ang tao na maintindihan ang Kanyang salita at makita ang Kanyang salita, ibig sabihin, pinapahintulutan ang tao na makita ang gawaing isinasagawa ng katawang-tao. Ang Kanyang layunin ay hindi para tratuhin ng mga tao ang Kanyang katawang-tao sa isang partikular na paraan, kundi para lamang ang tao ay maging masunurin hanggang sa katapusan, iyon ay, upang sundin ang lahat ng salita na lumalabas mula sa Kanyang bibig, at para magpasakop sa lahat ng gawain na Kanyang ginagawa. Siya ay gumagawa lamang sa katawang-tao; hindi Siya sadyang humihingi sa tao na purihin ang kadakilaan at kabanalan ng Kanyang katawang-tao, kundi ipinapakita sa tao ang karunungan ng Kanyang gawain at lahat ng awtoridad na Kanyang hawak. Samakatuwid, kahit na Siya ay may katangi-tanging pagkatao, hindi Siya gumagawa ng mga anunsyo, at nakatuon lamang sa gawain na dapat Niyang gawin. Dapat ninyong malaman kung bakit ang Diyos ay naging tao at gayunman ay hindi inilalabas o pinatotohanan ang Kanyang normal na pagkatao, kundi isinasagawa lamang ang gawain na nais Niyang gawin. Kung gayon, ang lahat ng inyong makikita mula sa nagkatawang-taong Diyos ay kung ano ang Kanyang pagka-Diyos; ito ay dahil hindi Niya inihahayag kailanman kung ano ang Kanyang pagkatao upang tularan ng tao. Nagsasalita lamang ang tao kung ano ang pagkatao kapag pinamumunuan niya ang ibang mga tao, upang mas makamit niya ang kanilang paghanga at matibay na paniniwala at nang sa gayon ay mapamunuan ang iba. Kabaligtaran nito, nilulupig ng Diyos ang tao sa pamamagitan lamang ng Kanyang gawain (na ang ibig sabihin ay ang gawaing hindi natatamo ng tao); hindi kailangang hangaan Siya ng tao, o ipagawa Niya sa tao na pakamahalin Siya. Ang ginagawa lamang Niya ay ikintal sa tao ang damdamin ng paggalang sa Kanya o ang pagkaunawa sa Kanyang pagiging di-maarok. Hindi na kailangan ng Diyos na magpahanga sa tao; ang kailangan lang Niya ay ang gumalang ka sa Kanya kapag nasaksihan mo ang Kanyang disposisyon. Ang gawain na ginagawa ng Diyos ay sarili Niya; hindi ito maaaring gawin ng tao bilang kahalili Niya, ni maisasakatuparan ng tao. Tanging ang Diyos Mismo ang makakagawa ng Kanyang sariling gawain at makapaghahatid ng isang bagong kapanahunan upang pangunahan ang tao sa mga bagong pamumuhay. Ang gawain na Kanyang ginagawa ay ang bigyang kakayahan ang tao na magkaroon ng isang bagong buhay at pumasok sa isang bagong kapanahunan. Ang lahat ng iba pang gawain ay ipinapasa sa mga tao na mayroong normal na pagkatao at hinahangaan ng iba. Kung kaya, sa Kapanahunan ng Biyaya, tinapos Niya ang dalawang libong taon na gawain sa loob lamang ng tatlo at kalahating taon ng Kanyang tatlumpu't tatlong taon na nasa katawang-tao. Kapag dumarating ang Diyos sa lupa upang isakatuparan ang Kanyang gawain, palagi Niyang tinatapos ang dalawang libong taon na gawain o ang isang buong kapanahunan sa loob lamang ng ilang taon. Hindi Siya tumitigil, at hindi Siya nag-aantala; pinaikli lamang Niya ang gawain ng maraming taon upang ito ay matapos sa loob lamang ng ilang maiikling taon. Ito ay dahil ang gawain na Kanyang personal na ginagawa ay ang magbukas lamang ng isang daan palabas at pamunuan ang isang bagong kapanahunan.

Ang Hiwaga ng Pagkakatawang-tao 3

Kapag ipinatutupad ng Diyos ang Kanyang gawain, Siya ay dumarating hindi upang makibahagi sa anumang pagtatayo o mga pagkilos, kundi upang tuparin ang Kanyang ministeryo. Sa bawat pagkakataon na Siya ay nagiging tao, ito ay para lamang maisakatuparan ang isang yugto ng gawain at magbukas ng isang bagong kapanahunan. Ngayon ang Kapanahunan ng Kaharian ay dumating na, at gayundin ang pagsasanay ng kaharian. Ang yugtong ito ng gawain ay hindi ang gawain ng tao, hindi ito upang hubugin ang tao sa isang partikular na antas, ito ay para buuin lamang ang isang bahagi ng gawain ng Diyos. Ang Kanyang ginagawa ay hindi gawain ng tao, hindi ito upang makamit ang ilang resulta sa paggawa sa tao bago Niya lisanin ang lupa; ito ay upang tuparin ang Kanyang ministeryo at tapusin ang gawain na kailangan Niyang gawin, na ang gumawa ng angkop na mga pagsasaayos para sa Kanyang gawain sa lupa, at nang sa gayon ay magtamo ng kaluwalhatian. Ang gawain ng nagkatawang-tao na Diyos ay hindi tulad ng sa mga tao na ginamit ng Banal na Espiritu. Kapag dumarating ang Diyos para gawin ang Kanyang gawain sa lupa, ang isinasaalang-alang Niya lamang ay ang katuparan ng Kanyang ministeryo. Patungkol naman sa lahat ng iba pang bagay na walang kinalaman sa Kanyang ministeryo, hindi Siya halos nakikibahagi, maging hanggang sa punto ng pagwawalang-bahala. Isinasagawa lamang Niya ang gawaing dapat Niyang gawin, at pinakahuli sa Kanyang isinasaalang-alang ay ang tungkol sa gawaing dapat gawin ng tao. Ang gawain na ginagawa Niya ay tumutukoy lamang sa kapanahunang kinapapalooban Niya at sa ministeryo na dapat Niyang tuparin, na para bang ang iba pang bagay ay nasa labas ng saklaw Niya. Hindi Niya binibigyan ang Kanyang sarili ng mas maraming payak na kaalaman tungkol sa pamumuhay bilang isa sa sangkatauhan, ni natututo Siya ng higit na kasanayan sa pakikipagkapwa, ni sinasangkapan ang Sarili Niya ng ano pa mang naiintindihan ng tao. Hindi man lang Niya inaalala ang anumang dapat taglayin ng tao at ang tanging ginagawa Niya ay ang gawain na Kanyang tungkulin. At kaya, sa paningin ng tao, ang nagkatawang-tao na Diyos ay kulang sa napakaraming bagay, kung kaya't hindi man lang Niya pinapansin ang maraming bagay na dapat mayroon ang tao, at wala Siyang pang-unawa sa mga ganitong bagay. Ang mga bagay tulad ng pangkaraniwang kaalaman tungkol sa buhay, pati na ang mga prinsipyo sa personal na pag-uugali at pakikipag-ugnayan sa iba, ay lumilitaw na walang kaugnayan sa Kanya. Ngunit, sadyang hindi mo mararamdaman mula sa nagkatawang-tao na Diyos ang kahit na kaunting pahiwatig ng pagiging di-normal. Ibig sabihin, pinananatili lamang ng Kanyang pagkatao ang Kanyang buhay bilang isang normal na tao at ang normal na pangangatwiran ng Kanyang pag-iisip, na nagbibigay sa Kanya ng kakayahang kumilala sa pagitan ng tama at mali. Gayunman, hindi Siya binigyan ng anupamang ibang bagay, na kung ano ang dapat taglayin lamang ng tao (mga nilikha). Ang Diyos ay nagiging tao lamang upang tuparin ang Kanyang ministeryo. Ang Kanyang gawain ay nakadirekta sa isang buong

kapanahunan, hindi sa sinumang tao o anumang lugar, kundi sa buong sansinukob. Ito ang direksyon ng Kanyang gawain at ang prinsipyo kung paano Siya gumagawa. Walang sinuman ang makakapagpabago nito, at walang paraan na magiging kabahagi ang tao rito. Sa bawat pagkakataong ang Diyos ay nagiging tao, dinadala Niya kasama Niya ang gawain ng kapanahunang iyon, at walang balak na mamuhay kasama ng tao sa loob ng dalawampu, tatlumpu, apatnapu, o kahit pitumpu o walumpung taon upang mas mahusay niyang maunawaan at makamit ang kabatiran sa Kanya. Walang pangangailangan para sa ganyan! Gawin man iyan ay hindi mapapalalim ang kaalamang taglay ng tao ukol sa likas na disposisyon ng Diyos; sa halip, makakadagdag lang ito sa kanyang mga kuru-kuro at magsasanhi sa kanyang mga kuru-kuro at mga saloobin na maging makaluma. At kaya tungkulin ninyong lahat na maintindihan kung ano mismo ang gawain ng nagkatawang-taong Diyos. Tiyak na hindi kayo mabibigong maunawaan ang mga salitang Aking sinabi sa inyo: “Hindi upang maranasan ang buhay ng isang normal na tao kaya Ako ay pumarito”? Nalimutan na ba ninyo ang mga salitang: “Ang Diyos ay dumarating sa lupa hindi upang ipamuhay ang buhay ng isang normal na tao”? Hindi ninyo nauunawaan ang layunin ng Diyos sa pagiging tao, ni nalalaman ninyo ang kahulugan ng “Paanong ang Diyos ay paparito sa lupa sa layuning maranasan ang buhay ng isang nilalang?” Dumarating ang Diyos sa lupapara ganapin lamang ang Kanyang gawain, at kaya ang Kanyang gawain sa lupa ay hindi nagtatagal. Dumarating Siya sa lupa na walang layunin na sanhiin ang Espiritu ng Diyos na linangin ang Kanyang katawang-tao na maging isang pambihirang tao na mamumuno sa iglesia. Kapag dumarating ang Diyos sa lupa, ito ay ang Salita na nagiging tao; gayunman, ang tao ay hindi nakakakilala ng Kanyang gawain at sapilitang ipinalalagay ang mga bagay sa Kanya. Ngunit dapat ninyong matantong lahat na ang Diyos ay ang Salita na nagkatawang-tao, hindi isang katawang gawa sa laman na nalinang ng Espiritu ng Diyos upang akuin ang tungkulin ng Diyos sa ngayon. Ang Diyos Mismo ay hindi produkto ng paglilinang, kundi ang Salita na nagkatawang-tao, at ngayon ay opisyal Niyang isinasagawa ang Kanyang gawain sa inyong lahat. Nalalaman at kinikilala ninyong lahat na ang pagkakatawang-tao ng Diyos ay isang katotohanang tunay, ngunit kumikilos kayo na para bang nauunawaan ninyo ito. Mula sa gawain ng nagkatawang-taong Diyos hanggang sa kahalagahan at diwa ng Kanyang pagkakatawang-tao, hindi ninyo kayang matarok ang mga ito kahit kaunti at sumusunod lamang kayo sa iba sa kawili-wiling pagbigkas ng mga salita mula sa memorya. Naniniwala ka bang ang nagkatawang-taong Diyos ay gaya ng iyong inaakala?

Nagiging tao lamang ang Diyos upang pamunuan ang kapanahunan at simulan ang bagong gawain. Kinakailangan ninyong maunawaan ang puntong ito. Ibang-iba ito sa tungkulin ng tao, at talagang magkaiba ang dalawa. Ang tao ay nangangailangan na malinang at magawang perpekto sa loob ng mahabang panahon bago siya maaaring magamit upang isagawa ang gawain, at ang uri ng pagkatao na kinakailangan ay may napakataas na antas. Hindi lamang dapat mapanatili ng tao ang pakiramdam ng normal

na pagkatao, kundi dapat mas lalo pa niyang maunawaan ang maraming prinsipyo at patakaran ng pamamahala ng kanyang pag-uugali kaugnay sa iba, at higit pa rito ay dapat mangakong lalo pa siyang mag-aaral tungkol sa karunungan at kaalaman sa etika ng tao. Ito ang nararapat na ipagkaloob sa tao. Gayunman, ito ay hindi para sa Diyos na naging tao, dahil ang Kanyang gawain ay hindi kumakatawan sa tao o sa gawain ng tao; sa halip, ito ay isang tuwirang pagpapahayag ng kung ano Siya at isang tuwirang pagsasagawa ng gawain na dapat Niyang gawin. (Natural, isinasagawa ang Kanyang gawain sa angkop na panahon, at hindi lang basta-basta at sapalaran, at sinisimulan ito kapag oras na para tuparin ang Kanyang ministeryo.) Hindi Siya nakikibahagi sa buhay ng tao o gawain ng tao, iyon ay, ang Kanyang pagkatao ay hindi binigyan ng alinman sa mga ito (bagaman hindi ito nakakaapekto sa Kanyang gawain). Tinutupad Niya lamang ang Kanyang ministeryo kapag oras na para gawin Niya ito; anuman ang Kanyang katayuan, ipinagpapatuloy Niya lamang ang gawain na dapat Niyang gawin. Anuman ang alam ng tao sa Kanya at anuman ang opinyon ng tao sa Kanya, ang Kanyang gawain ay lubos na hindi naaapektuhan. Halimbawa, nang isinagawa ni Jesus ang Kanyang gawain, wala talagang nakakilala kung sino Siya, ngunit ipinagpatuloy Niya lamang ang Kanyang gawain. Wala sa mga ito ang nakahadlang sa Kanya sa pagsasagawa ng gawain na kinakailangan Niyang gawin. Samakatuwid, hindi muna Niya inamin o ipinahayag ang Kanyang sariling pagkakakilanlan, at pinasunod lamang Niya ang tao sa Kanya. Natural na hindi lamang ito pagpapakumbaba ng Diyos, ito rin ang paraan kung saan ang Diyos ay gumawa sa katawang-tao. Sa ganitong paraan lamang Siya maaaring gumawa, dahil ang tao ay walang paraan na makilala Siya sa pamamagitan ng mata lamang. At kung nakilala man Siya ng tao, hindi rin makakatulong ang tao sa Kanyang gawain. At saka, hindi Siya naging tao para makilala ng tao ang Kanyang katawang-tao; ito ay upang isagawa ang gawain at tuparin ang Kanyang ministeryo. Sa kadahilanang ito, hindi Niya binigyang kahalagahan na isapubliko ang Kanyang pagkakakilanlan. Nang natapos na Niya ang lahat ng gawain na dapat Niyang gawin, ang Kanyang buong pagkakakilanlan at katayuan ay natural na naging malinaw sa tao. Ang Diyos na naging tao ay nananatiling tahimik at hindi kailanman gumagawa ng kahit anong proklamasyon. Hindi Niya pinapansin ang tao o kung gaano na nakakasunod ang tao sa Kanya, kundi ipinagpapatuloy lamang Niya ang pagtupad sa Kanyang ministeryo at pagsasagawa ng gawain na dapat Niyang gawin. Walang sinuman ang kayang makahadlang sa gawain Niya. Kapag dumating na ang oras para tapusin Niya ang Kanyang gawain, tiyak itong matatapos at madadala sa katapusan, at walang kayang magdikta na hindi. Tanging pagkatapos Niyang lisanin ang tao sa pagkumpleto ng Kanyang gawain na mauunawaan ang gawain na ginagawa Niya, bagama't hindi pa rin ganap na malinaw. At aabutin ng mahabang panahon para lubusang maunawaan ng tao ang layunin nang una Niyang isinagawa ang Kanyang gawain. Sa madaling salita, ang gawain sa kapanahunan ng nagkatawang-tao na Diyos ay nahahati sa dalawang bahagi. Ang isang bahagi ay binubuo ng gawain na ginagawa ng katawang-taong laman ng Diyos Mismo at ang mga

salitang binibigkas ng katawang-taong laman ng Diyos Mismo. Sa sandaling ang ministeryo ng Kanyang katawang-tao ay ganap na matupad, ang isa pang bahagi ng gawain ay nananatiling isasagawa ng mga ginagamit ng Banal na Espiritu. Ito na ang panahon na dapat tuparin ng tao ang kanyang tungkulin, dahil binuksan na ng Diyos ang daan, at kinakailangan na itong lakaran ng tao mismo. Ibig sabihin, ang Diyos na nagkatawang-tao ay isinasagawa ang isang bahagi ng gawain, at pagkatapos ang Banal na Espiritu pati na rin yaong mga ginamit ng Banal na Espiritu ang papalit sa gawaing ito. Samakatuwid, dapat malaman ng tao kung ano ang gawaing pangunahin na isinasagawa ng Diyos na nagkatawang-tao sa yugtong ito, at dapat niyang maunawaan kung ano mismo ang kahalagahan ng pagkakatawang-tao ng Diyos at kung ano ang gawaing dapat Niyang gawin, at hindi humingi sa Diyos alinsunod sa mga hinihingi sa tao. Nandito ang pagkakamali ng tao, ang kanyang kuru-kuro, at lalo na ang kanyang pagsuway.

Ang Diyos ay nagkakatawang-tao hindi para sa layuning tulutan ang tao na makilala ang Kanyang katawang-tao, o tulutan ang tao na makita ang mga kaibahan sa pagitan ng katawan ng Diyos na nagkatawang-tao at yaong sa tao; ni ang Diyos ay nagiging tao upang sanayin ang kakayahan ng tao sa pagkilatis, at lalo nang hindi sa intensyong tulutan ang tao na sambahin ang katawang-taong laman ng Diyos, nang sa gayon ay magkaroon ng dakilang kaluwalhatian. Wala sa mga bagay na ito ang intensyon ng Diyos sa pagiging tao. Hindi rin nagiging tao ang Diyos upang kondenahin ang tao, ni ibunyag ang tao nang sadya, ni gawing mahirap ang mga bagay para sa kanya. Wala sa mga bagay na ito ang intensyon ng Diyos. Tuwing ang Diyos ay nagkakatawang-tao, ito ay isang uri ng gawaing hindi maiiwasan. Para sa kapakinabangan ng Kanyang mas malaking gawain at Kanyang mas malaking pamamahala kaya Siya kumikilos gaya ng ginagawa Niya, at hindi para sa mga dahilang naiisip ng tao. Ang Diyos ay dumarating lamang sa lupa ayon sa hinihingi ng Kanyang gawain, at kung kinakailangan lamang. Hindi Siya pumaparito sa lupa na may intensyong tumingin-tingin lang sa paligid, kundi isagawa ang gawaing dapat Niyang gawin. Bakit pa Niya gagampanan ang ganoon kabigat na pasanin at haharapin ang mga ganoon kalubhang panganib upang isagawa ang gawaing ito? Ang Diyos ay nagkakatawang-tao lamang kapag kailangan Niya, at palaging may natatanging kabuluhan. Kung ito lamang ay para sa kapakanan ng pagpapahintulot sa mga tao na makita Siya at mapalawak ang kanilang mga karanasan, ganap na tiyak na hindi Siya kailanman tutungo sa mga tao nang basta-basta. Siya ay dumarating sa lupa para sa kapakanan ng Kanyang pamamahala at ng Kanyang mas malaking gawain, at upang makamit Niya ang higit pang sangkatauhan. Siya ay dumarating upang kumatawan sa kapanahunan, dumarating Siya upang talunin si Satanas, at upang talunin si Satanas Siya ay nagdadamit ng katawang-tao. Higit pa rito, Siya ay dumarating upang gabayan ang buong lahi ng tao sa kanilang pamumuhay ng kanilang mga buhay. Ang lahat ng ito ay may kinalaman sa Kanyang pamamahala, at ito ay may kinalaman sa gawain sa buong sansinukob. Kung ang Diyos ay naging tao lamang upang pahintulutan ang mga tao na makilala ang Kanyang katawang-tao at

buksan ang mga mata ng mga tao, bakit hindi Siya naglalakbay sa bawat bansa? Hindi ba ito isang bagay na napakadali? Ngunit hindi Niya ito ginawa, sa halip ay pumili ng isang angkop na lugar upang manirahan at simulan ang gawain na dapat Niyang gawin. Ang katawang-tao lang na ito ay malaki na ang kahalagahan. Kinakatawan Niya ang buong kapanahunan, at isinasagawa rin ang gawain ng buong kapanahunan; pareho Niyang dinadala ang naunang kapanahunan sa katapusan at inihahatid ang bago. Ang lahat ng ito ay isang mahalagang bagay na may kinalaman sa pamamahala ng Diyos, at lahat ng ito ang kahalagahan ng isang yugto ng gawain na isinagawa ng Diyos na dumating sa lupa. Nang dumating si Jesus sa lupa, nagsalita lamang Siya ng ilang salita at ipinatupad ang ilang gawain; hindi Niya inabala ang Kanyang Sarili sa buhay ng tao, at umalis sa lalong madaling panahon nang makumpleto Niya na ang Kanyang gawain. Ngayon, kapag natapos Ko na ang pagsasalita at pagpapasa ng Aking mga salita sa inyo, at kapag naunawaan na ninyong lahat, ang hakbang na ito ng Aking gawain ay nagwakas na, kahit na ano pa ang inyong magiging buhay. Mayroon dapat sa hinaharap na ilang tao na magpapatuloy sa hakbang na ito ng Aking gawain at magpapatuloy na gagawa sa lupa alinsunod sa mga salitang ito; sa panahong iyon ang gawain ng tao at ang pagtatayo ng tao ay magsisimula. Ngunit sa ngayon, ginagawa lamang ng Diyos ang Kanyang gawain upang matupad ang Kanyang ministeryo at matapos ang isang hakbang ng Kanyang gawain. Ang Diyos ay gumagawa sa isang paraan na hindi kagaya ng sa tao. Gusto ng tao ang mga pagkakatiyon at mga porum, at naglalagay ng importansya sa seremonya, samantalang ang pinakakinamumuhian ng Diyos ay mismong ang mga pagkakatiyon at mga pagpupulong ng tao. Ang Diyos ay nakikipag-usap at nagsasalita sa tao nang hindi pormal; ito ang gawain ng Diyos, na pambihirang malaya at nagpapalaya rin sa inyo. Gayunman, lubos Kong kinamumuhian ang makipagtipon sa inyo, at hindi Ko magawang masanay sa isang buhay na masyadong mahigpit kagaya ng sa inyo. Pinakakinamumuhian Ko ang mga patakaran; naglalagay ang mga ito ng mga pagpipigil sa tao hanggang sa puntong ginagawa siyang takot na kumilos, takot magsalita, at takot umawit, ang kanyang mga mata ay nakatitig nang direktso sa iyo. Lubos Kong kinamumuhian ang inyong paraan ng pagtitipon at lubos Kong kinamumuhian ang malalaking pagkakatiyon. Talagang ayaw Kong makipagtipon sa inyo sa paraang ito, sapagkat ang paraang ito ng pamumuhay ay nakapagpapadama ng pagkagapos at kayo ay sumusunod sa napakaraming seremonya at napakaraming patakaran. Kung pinahintulutan kayo na manguna sa mga tao ay aakayin ninyo silang lahat sa mga sakop ng mga patakaran at ang mga tao ay hindi magkakaroon ng anumang paraan na maisantabi ang mga patakaran sa ilalim ng inyong pangunguna; sa halip ang kapaligiran ng relihiyon ay lalo lamang magiging higit na matindi, at ang mga pagsasagawa ng tao ay patuloy lamang sa paglaganap. Patuloy na nangungusap at nagsasalita ang ilang tao kapag sila ay nagkakatiyon at hindi kailanman nakakaramdam ng pagod, at ang ilan ay nakakapangaral sa loob ng isang dosenang araw nang hindi humihinto. Ang lahat ng ito ay ibinibilang na malalaking pagkakatiyon at mga pagpupulong ng tao; walang kinalaman

ang mga ito sa buhay ng pagkain at pag-inom, ng pagtatamasa, o ng pagpapalaya sa espiritu. Ang lahat ng ito ay mga pagpupulong! Ang mga pagpupulong ninyong magkakatrabaho, gayundin ang malalaki at maliliit na pagkakatipon, ay lahat kasuklam-suklam sa Akin, at hindi Ako kailanman nakaramdam ng anumang interes sa mga ito. Ito ang prinsipyo ng Aking paggawa: Hindi Ako nakahandang mangaral sa panahon ng mga pagkakatipon, ni gusto Kong magpahayag ng anumang bagay sa isang malaking pampublikong pagtitipon, at lalong hindi na tipunin kayong lahat sa loob ng ilang araw sa isang natatanging pagpupulong. Hindi kaaya-aya sa Akin na kayong lahat ay dapat nangakaupo, nang matino at maayos, sa isang pagtitipon; kinasusuklanan Kong makita na nabubuhay kayo sa loob ng mga hangganan ng anumang naturang seremonya, at higit pa, tumatanggi Akong maging bahagi ng isang gayong seremonya ninyo. Habang lalo ninyong ginagawa ito, lalo itong nagiging kasuklam-suklam sa Akin. Wala Akong ni katiting na interes sa inyong mga seremonya at mga patakaran na ito; gaano man kahusay ang trabaho na nagagawa ninyo ukol rito, itinuturing Ko ang lahat ng ito na kasuklam-suklam. Hindi sa ang inyong mga pagsasaayos ay hindi angkop o na kayo ay masyadong mababang-uri; kinasusuklanan Ko lang ang inyong uri ng pamumuhay, at higit pa, hindi Ko magawang masanay rito. Hindi ninyo nauunawaan ni kaunti ang gawain na nais Kong gawin. Nang gawin ni Jesus ang Kanyang gawain noon, matapos magbigay ng isang sermon sa kung saan, pangungunahan Niya ang Kanyang mga disipulo palabas ng lungsod at kakausapin sila tungkol sa mga daang dapat nilang maunawaan. Madalas Siyang gumawa sa gayong paraan. Ang Kanyang gawain sa gitna ng maraming tao ay kaunti at malayo ang agwat. Alinsunod sa kung ano ang inyong hinihiling sa Kanya, hindi dapat taglayin ng Diyos na naging tao ang buhay ng isang normal na tao; dapat Niyang ipatupad ang Kanyang gawain, at dapat Siyang magsalita kahit Siya man ay nakaupo, nakatayo, o naglalakad. Dapat Siyang gumawa sa lahat ng pagkakataon at hindi kailanman maaaring tumigil sa “mga operasyon,” kung hindi ay mapapabayaan Niya ang Kanyang mga tungkulin. Ang mga kahilingan bang ito ng tao ay angkop sa pandama ng tao? Nasaan ang inyong integridad? Hindi ba kayo humihingi nang labis? Kailangan ba kita na suriin Ako habang gumagawa Ako? Kailangan ba kitang mangasiwa habang tinutupad Ko ang Aking ministeryo? Nalalaman Kong maigi kung anong gawain ang kailangan Kong gawin at kung kailan Ko ito kailangang gawin; hindi kailangan na manghimasok ang iba. Maaaring marahil para sa iyo ay mukhang hindi pa Ako nakagawa ng ganoon karami, ngunit sa sandaling iyon ang Aking gawain ay nagwakas na. Gawing halimbawa ang mga salita ni Jesus sa Apat na Ebanghelyo: Hindi ba limitado rin ang mga ito? Sa panahong iyon, nang pumasok si Jesus sa sinagoga at nangaral ng isang sermon, natapos Niya ito sa loob lamang ng ilang minuto, at nang natapos na Siya sa pagsasalita, pinangunahan Niya ang Kanyang mga disipulo papunta sa bangka at lumisan nang walang anumang paliwanag. Sa sukdulan, tinalakay ito ng mga nasa loob ng sinagoga, ngunit walang anumang bahagi roon si Jesus. Ginagawa lamang ng Diyos ang gawain na kailangan Niyang gawin, at walang anumang

labis at higit dito. Sa kasalukuyan, marami ang nais Akong magsalita pa nang marami at magsabi nang marami, ilang oras man lang sa isang araw. Sa inyong pananaw, ang Diyos ay humihinto na maging Diyos maliban kung nagsasalita Siya, at tanging Siya na nagsasalita ay Diyos. Bulag kayong lahat! Mga salbahe lahat! Mangmang na mga bagay lahat na walang katinuan! Masyado kayong maraming kuru-kuro! Lumabis ang inyong mga kahilingan! Hindi kayo mga tao! Hindi ninyo nauunawaan ni katiting kung ano ang Diyos! Naniniwala kayo na ang lahat ng nagsasalita at mga mananalumpati ay Diyos, na sinumang nakahandang tustusan kayo ng mga salita ay inyong ama. Sabihin ninyo sa Akin, lahat ba kayo na may maayos na mga katangian at di-karaniwan na anyo ay nagtataglay pa rin ng kahit na kakatiting na katinuan? Hindi pa ninyo nalalaman ang araw sa langit! Ang bawat isa sa inyo ay parang isang sakim at tiwali na opisyal, kaya paano kayo magkakaroon ng katinuan? Paano kayo makakapagtangi sa pagitan ng tama at mali? Marami na Akong ipinagkaloob sa inyo, ngunit ilan sa inyo ang nagpahalaga rito? Sino ang lubos na nagtataglay nito? Hindi ninyo alam kung sino ang nagbukas ng daan kung saan kayo naglalakad sa kasalukuyan, kaya patuloy kayong gumagawa ng mga kahilingan sa Akin, hinihiling sa Akin ang mga ganitong nakakatawa at kakatwang kahilingan. Hindi ba kayo pulang-pula sa pagkapahiya? Hindi pa ba Ako nagsalita nang sapat? Hindi pa ba Ako nakagawa nang sapat? Sino sa inyo ang tunay na kayang mahalin ang Aking mga salita bilang isang kayamanan? Labis-labis na pinapupurihan ninyo Ako kapag nasa Aking presensya, ngunit nagsisinungaling at nandaraya kayo kapag hindi! Ang inyong mga kilos ay talagang karumal-dumal at kasuklam-suklam ang mga ito sa Akin! Alam Ko na hinihiling ninyong Ako ay magsalita at gumawa nang walang iba pang dahilan kundi pagsawain ang inyong mga mata at palawakin ang inyong mga karanasan, hindi para sa kapakanan ng pagbabago ng inyong mga buhay. Napakarami Ko nang sinabi sa inyo. Ang inyong mga buhay ay nagbago na dapat noon pa, kaya bakit patuloy pa rin kayo na pabalik-balik sa inyong lumang kalagayan hanggang ngayon? Posible ba na ninakaw ang mga salita Ko mula sa inyo at hindi ninyo natanggap ang mga ito? Sa totoo lang, ayaw Ko nang magsalita pa sa mabababang-uring kagaya ninyo—walang magiging kabuluhan ito! Ayaw Kong gumawa ng gayon karaming walang kabuluhang gawain! Ang ninanais lamang ninyo ay ang lawakan ang inyong mga karanasan o mapagsawa ang inyong mga mata, at hindi ang kamtin ang buhay! Nilililang ninyong lahat ang inyong mga sarili! Tatanungin Ko kayo, gaano karami sa Aking sinalita sa inyo nang harap-harapan ang inyong naisagawa na? Ang tanging ginagawa ninyo ay mandaya upang linlangin ang iba! Kinamumuhian Ko sa inyo yaong mga nagagalak sa pagmamasid bilang manonood, at itinuturing Ko ang inyong pagiging pagkamausisa bilang lubos na kasuklam-suklam. Kung hindi kayo nandirito upang pagsikapan ang tunay na daan o mauhaw para sa katotohanan, kayo yaong mga kinamumuhian Ko! Alam Ko na nakikinig lamang kayo sa Aking pagsasalita upang masiyahan ang inyong pagiging mausisa o upang tuparin ang isa o iba pa sa inyong mga sakim na pagnanasa. Hindi ninyo iniisip na hanapin ang pag-iral ng katotohanan o

saliksikin ang tamang landas para sa pagpasok sa buhay; ang mga kahilingang ito ay sadyang hindi umiiral sa gitna ninyo. Ang ginagawa lamang ninyo ay tratuhin ang Diyos gaya ng isang laruan na inyong pinag-aaralan at hinahangaan. Masyadong kakaunti ang inyong pagnanasang hangarin ang buhay, ngunit malaki ang pagnanasa na maging mausisa! Ang pagpapaliwanag sa daan ng buhay sa gayong mga tao ay katulad ng pakikipag-usap sa hangin; mabuti pang huwag na lang Akong magsalita! Hayaan ninyong sabihin Ko ito sa inyo: Kung naghahangad lamang kayo na mapunan ang kakulangan sa loob ng inyong puso, pinakamainam na huwag kayong lumapit sa Akin! Kailangan ninyong bigyang-halaga ang pagkakamit ng buhay! Huwag ninyong linlangin ang inyong sarili! Pinakamabuti na huwag ninyong gawin ang inyong pagiging mausisa na saligan ng inyong paghahangad ng buhay, o gamitin ito bilang isang pagdadahilan para hilinging makipag-usap Ako sa inyo. Ang mga ito ay lahat pandaraya kung saan masyado kayong bihasa! Muli kitang tatanungin: Gaano karami sa hinihiling Ko sa iyo na pasukin ang inyong talagang napasok na? Natarok mo na ba ang lahat ng Aking nasabi sa iyo? Nagawa mo na bang isagawa ang lahat ng Aking nasabi sa iyo?

Ang gawain ng bawat kapanahunan ay pinasisimulan ng Diyos Mismo, ngunit dapat mong malaman na, anuman ang paraan ng paggawa ng Diyos, hindi Siya dumarating upang magsimula ng isang kilusan, o magdaos ng espesyal na mga pagpupulong, o magtatag ng anumang uri ng organisasyon sa inyong ngalan. Siya ay dumarating lamang upang tuparin ang gawain na dapat Niyang gawin. Ang Kanyang gawain ay hindi napipigilan ng sinumang tao. Ginagawa Niya ang Kanyang gawain sa kung paano Niya naisin; kahit na ano ang isipin o alam ng tao dito, ang alalahanin lamang Niya ay ang pagsasakatuparan ng Kanyang gawain. Mula sa paglikha ng mundo hanggang sa kasalukuyan, nagkaroon na ng tatlong yugto ng gawain; mula kay Jehova hanggang kay Jesus, at mula sa Kapanahunan ng Kautusan hanggang sa Kapanahunan ng Biyaya, ang Diyos ay hindi kailanman nagtawag ng espesyal na pagpupulong para sa tao, o pinagtipun-tipon man ang buong sangkatauhan upang magkaroon ng espesyal na pandaigdigang pagpupulong at sa gayon ay palawakin ang sakop ng Kanyang gawain. Ang ginagawa lamang Niya ay ang isagawa ang paunang gawain ng isang buong kapanahunan sa isang angkop na panahon at sa isang angkop na lugar, at sa gayon inihahatid ang kapanahunan at inaakay ang lahi ng tao kung paano mamuhay ng kanilang mga buhay. Ang mga espesyal na pagpupulong ay ang mga pagsasama-sama ng tao; gawain ng tao ang sama-samang pagtitipon ng mga tao upang ipagdiwang ang mga araw ng kapistahan. Hindi sinusunod ng Diyos ang mga araw ng kapistahan at, higit pa rito, itinuturing ang mga ito na kasuklam-suklam; hindi Siya nagdaraos ng espesyal na mga pagpupulong at lalo pang itinuturing na kasuklam-suklam ang mga ito. Ngayon dapat mong maunawaan kung ano ba mismo ang gawain na ginagawa ng Diyos na nagkatawang-tao!

Ang Hiwaga ng Pagkakatawang-tao 4

Dapat ninyong malaman ang kuwento sa likod ng Bibliya at ang paglikha rito. Ang kaalamang ito ay hindi para sa mga hindi pa nakatanggap sa bagong gawain ng Diyos. Hindi nila ito nalalaman. Kung ipapaliwanag mo sa kanila nang simple ang mga bagay na ito na may katuturan, hindi na sila magiging mapagmatigas sa iyo tungkol sa Bibliya. Palagi nilang sinusuring mabuti kung ano ang naipropesiya na: Nagkatotoo na ba ang pahayag na ito? Nagkatotoo na ba ang pahayag na iyon? Ang kanilang pagtanggap sa ebanghelyo ay alinsunod sa Bibliya, at ipinangangaral nila ang ebanghelyo alinsunod sa Bibliya. Nakabatay sa mga salita ng Bibliya ang paniniwala nila sa Diyos; kung wala ang Bibliya, hindi sila maniniwala sa Diyos. Ito ang paraan ng kanilang pamumuhay, binubusisi ang Bibliya. Kapag muli nilang sinusuri nang mabuti ang Bibliya at hinihingan ka nila ng mga paliwanag, sabihin mong, “Una, huwag nating beripikahin ang bawat pahayag. Sa halip, tingnan natin kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu. Ihambing natin sa katotohanan ang landas na ating tinatahak upang matiyak kung ang landas na ito nga ang gawain ng Banal na Espiritu, at gamitin natin ang gawain ng Banal na Espiritu upang makita kung tama ang landas na iyon. Hinggil sa kung ang pahayag na ito o ang pahayag na iyon ay nagkatotoo na ayon sa hula, tayong mga tao ay hindi na dapat siyasatin pa ito. Mas mainam para sa atin na magsalita na lamang tungkol sa gawain ng Banal na Espiritu at sa pinakabagong gawain na ginagawa ng Diyos.” Ang mga propesiya sa Bibliya ay mga salita ng Diyos na ipinarating noon ng mga propeta at mga salitang isinulat ng mga taong kinasangkapan ng Diyos, na nagtamo ng inspirasyon; tanging ang Diyos Mismo ang makapagpapaliwanag sa gayong mga salita, ang Banal na Espiritu lamang ang makapagpapaalam ng kahulugan ng mga salitang iyon, at tanging ang Diyos Mismo ang makakasira sa pitong tatak at makakapagbukas sa balumbon. Sinasabi mo: “Hindi ka Diyos, at ako ay hindi rin, kaya sino ang nangangahas na basta-basta magpaliwanag sa mga salita ng Diyos? Mangangahas ka bang ipaliwanag ang mga salitang iyon? Dumating man ang mga propetang sina Jeremias, Juan at Elias, hindi sila mangangahas na ipaliwanag ang mga salitang iyon, sapagkat hindi sila ang Cordero. Ang Cordero lamang ang makakasira sa pitong tatak at makakapagbukas sa balumbon at wala nang ibang makapagpapaliwanag sa Kanyang mga salita. Hindi ako nangangahas na agawin ang pangalan ng Diyos, lalong hindi ang subukang ipaliwanag ang mga salita ng Diyos. Maaari lamang akong maging isa na sumusunod sa Diyos. Ikaw ba ay Diyos? Wala sa mga nilikha ng Diyos ang nangangahas na buksan ang balumbon o ipaliwanag ang mga salitang iyon, at kaya hindi rin ako nangangahas na ipaliwanag ang mga iyon. Mas makakabuting huwag mong tangkaing ipaliwanag ang mga iyon. Walang sinuman ang dapat magpaliwanag ng mga iyon. Pag-usapan naman natin ang tungkol sa gawain ng Banal na Espiritu; ito ang maaaring gawin ng tao. May kaunti akong nalalaman tungkol sa gawain ni Jehova at ni Jesus, ngunit dahil sa wala akong personal na karanasan sa gayong gawain,

makapagsasalita lamang ako tungkol dito nang kaunti. Para naman sa kahulugan ng mga salitang sinabi ni Isaias o ni Jesus sa panahon nila, hindi ako gagawa ng anumang mga paliwanag. Hindi ko pinag-aaralan ang Bibliya; sa halip, sinusunod ko ang kasalukuyang gawain ng Diyos. Itinuturing mo talaga ang Bibliya bilang ang maliit na balumbon, ngunit hindi ba ito isang bagay na maaari lamang buksan ng Cordero? Maliban sa Cordero, sino pa ang makakapagbukas niyon? Hindi ikaw ang Cordero, at lalong hindi ako nangangahas na angkinin ang pagiging Diyos Mismo, kaya huwag nating pag-aralan o busisiin ang Bibliya. Mas mainam na talakayin ang gawaing ginagampanan ng Banal na Espiritu, iyon ay, ang kasalukuyang gawaing ginagampanan ng Diyos Mismo. Tingnan natin ang mga prinsipyo ng Diyos sa paggawa at ang diwa ng Kanyang gawain, pagkatapos ay gamitin ang mga ito upang mapatunayan kung ang landas na ating nilalakaran ngayon ay tama, at sa ganitong paraan ay masiguro ito.” Kung nais ninyong ipangaral ang ebanghelyo, lalo na sa kanila sa relihiyosong mundo, dapat ninyong maunawaan ang Bibliya at maging bihasa sa kuwentong napapaloob dito; kung hindi, hindi mo magagawang ipangaral ang ebanghelyo. Sa sandaling maging bihasa ka sa kabuuan nito at tumigil sa pahapyaw na pagsusuri sa mga patay na salita ng Bibliya, ngunit nagsasalita lamang tungkol sa gawain ng Diyos at sa katotohanan ng buhay, magagawa mong makamit yaong mga naghahanap na may tapat na puso.

Ang gawain ni Jehova, ang mga kautusan na Kanyang ipinatupad, at ang mga prinsipyo kung paano Niya ginabayan ang mga tao sa kanilang pamumuhay, ang nilalaman ng gawain na Kanyang ginampanan sa Kapanahunan ng Kautusan, ang kabuluhan ng pagpapatupad Niya sa Kanyang mga kautusan, ang kabuluhan ng Kanyang gawain sa Kapanahunan ng Biyaya, at ang gawaing ginagampanan ng Diyos sa pinakahuling yugtong ito: ito ang mga bagay na dapat ninyong maunawaan. Ang unang yugto ay ang gawain sa Kapanahunan ng Kautusan, ang ikalawang yugto ay ang gawain sa Kapanahunan ng Biyaya, at ang ikatlong yugto ay ang gawain sa mga huling araw. Dapat ninyong maintindihan ang mga yugtong ito ng gawain ng Diyos. Mula umpisa hanggang katapusan, mayroong tatlong yugto lahat-lahat. Ano ang diwa ng bawa’t yugto ng gawain? Ilang yugto ang isinasakatuparan sa gawain ng anim-na-libong-taong plano ng pamamahala? Paano isinasakatuparan ang mga yugtong ito, at bakit isinasakatuparan ang bawa’t isa sa partikular na paraan nito? Ang lahat ng ito ay napakahalagang mga katanungan. Ang gawain sa bawa’t yugto ay may kinakatawan. Ano ang gawaing isinakatuparan ni Jehova? Bakit Niya ginawa iyon sa ganoong paraan? Bakit Siya tinawag na Jehova? Muli, ano ang gawaing isinakatuparan ni Jesus sa Kapanahunan ng Biyaya, at paano Niya ginampanan iyon? Aling mga aspeto ng disposisyon ng Diyos ang kinakatawan ng bawa’t yugto ng gawain at bawa’t kapanahunan? Aling mga aspeto ng Kanyang disposisyon ang ipinahayag sa Kapanahunan ng Kautusan? At alin sa Kapanahunan ng Biyaya? At alin ang sa kahuli-hulihang kapanahunan? Ang mahahalagang katanungang ito ay yaong dapat ninyong maunawaan. Ang buong disposisyon ng Diyos ay naibunyag sa buong anim-na-libong-taong plano ng pamamahala.

Ito ay hindi lamang naibunyag sa Kapanahunan ng Biyaya, ni sa Kapanahunan ng Kautusan, o lalo na sa panahong ito lamang ng mga huling araw. Ang gawain na isinasagawa sa mga huling araw ay kumakatawan sa paghatol, poot at pagkastigo. Ang gawain na isinasagawa sa mga huling araw ay hindi maaaring pumalit sa gawain sa Kapanahunan ng Kautusan o doon sa Kapanahunan ng Biyaya. Gayunman, ang tatlong yugto, kapag magkakaugnay, ay bumubuo ng iisang bagay at lahat ay gawain ng iisang Diyos. Natural, ang pagtupad ng gawaing ito ay nahahati sa magkakahiwalay na mga kapanahunan. Ang gawaing ginagampanan sa mga huling araw ay nagdadala sa lahat ng bagay sa katapusan; yaong ginawa sa Kapanahunan ng Kautusan ay ang pagsisimula; at yaong ginawa sa Kapanahunan ng Biyaya ay ang gawain ng pagtubos. Para naman sa mga pangitain ng gawain sa buong anim-na-libong-taong plano ng pamamahalang ito, walang maaaring magkaroon ng kabatiran o pagkaunawa. Ang mga gayong pangitain ay nananatiling mga hiwaga. Sa mga huling araw, tanging ang gawain ng salita ang isinasakatuparan upang ihatid ang Kapanahunan ng Kaharian, ngunit hindi ito kumakatawan sa lahat ng mga kapanahunan. Ang mga huling araw ay hindi hihigit sa mga huling araw at hindi hihigit sa Kapanahunan ng Kaharian, at hindi kumakatawan sa Kapanahunan ng Biyaya o sa Kapanahunan ng Kautusan. Ang mga huling araw ay ang panahon lamang kung saan ang lahat ng gawain sa anim-na-libong-taong plano ng pamamahala ay ibinubunyag sa inyo. Ito ang paglalantad ng hiwaga. Ang gayong hiwaga ay hindi mailalantad ng sinumang tao. Kahit na gaano pa kalawak ang pagkaunawa ng tao sa Bibliya, nananatili itong mga salita lamang, dahil hindi nauunawaan ng tao ang diwa ng Bibliya. Kapag ang tao ay nagbabasa ng Bibliya, maaaring maunawaan niya ang ilang katotohanan, makapagpaliwanag ng ilang salita o makapaghimay ng ilang tanyag na talata at sipi sa kanyang bahagyang pagsisiyasat, ngunit hindi kailanman niya mapapakawalan ang kahulugang nakapaloob sa mga salitang iyon, dahil ang nakikita lang ng tao ay mga salitang walang buhay, hindi ang mga eksena ng gawain ni Jehova at ni Jesus, at hindi kayang lutasin ng tao ang hiwaga ng nasabing gawain. Samakatuwid, ang hiwaga ng anim-na-libong-taong plano ng pamamahala ay ang pinakadakilang hiwaga, ang siyang pinakanatatago at lubusang hindi maaarok ng tao. Walang sinumang direktang makakaunawa sa kalooban ng Diyos, maliban kung ang Diyos Mismo ang nagpapaliwanag at naghahayag nito sa tao; kung hindi, mananatili ang mga yaon na palaisipan sa tao magpakailanman at mananatiling mga hiwagang sarado magpakailanman. Lalo namang hindi ang mga nasa mundo ng relihiyon; kung hindi kayo nasabihan ngayon, hindi rin kayo makakaunawa. Ang gawaing ito ng anim na libong taon ay higit na misteryoso kaysa lahat ng propesiya ng mga propeta. Ito ang pinakadakilang misteryo simula noong paglikha hanggang ngayon, at walang sinuman sa mga propeta ang nagawa kailanman na arukin ito, sapagkat ang misteryong ito ay inilalantad lamang sa panghuling kapanahunan at hindi pa kailanman nabunyag noong una. Kung nauunawaan ninyo ang misteryong ito at nagagawang tanggapin ito nang lubos, yaong mga relihiyosong tao ay malulupig na lahat ng misteryong ito. Ito lamang ang

pinakadakila sa mga pangitain, na siyang pinakakinasasabikan ng tao na maunawaan ngunit siya rin namang pinaka-hindi maliwanag sa kanya. Nang kayo ay nasa Kapanahunan ng Biyaya, hindi ninyo alam kung tungkol saan ang gawain na ginampanan ni Jesus ni yaong ginampanan ni Jehova. Hindi naunawaan ng mga tao kung bakit si Jehova ay nagtakda ng mga kautusan, kung bakit hiningi Niya sa mga tao na panatilihin ang mga kautusan o kung bakit kailangang maitayo ang templo, at lalong hindi naunawaan ng mga tao kung bakit ang mga Israelita ay pinangunahan mula sa Ehipto hanggang sa ilang at pagkatapos ay hanggang sa Canaan. Sa araw na ito lamang ibinunyag ang mga bagay na ito.

Ang gawain sa mga huling araw ay ang huling yugto sa tatlo. Ito ay ang gawain ng isa pang bagong kapanahunan at hindi kumakatawan sa buong gawain ng pamamahala. Ang anim-na-libong-taong plano ng pamamahala ay nahahati sa tatlong yugto ng gawain. Walang nag-iisang yugto ang kayang kumatawan sa gawain ng tatlong kapanahunan kundi kaya lamang kumatawan sa isang bahagi ng kabuuan. Ang pangalang Jehova ay hindi maaaring kumatawan sa buong disposisyon ng Diyos. Ang katunayan na nagsagawa Siya ng gawain sa Kapanahunan ng Kautusan ay hindi nagpapatunay na ang Diyos ay maaaring maging Diyos lamang sa ilalim ng kautusan. Nagtakda si Jehova ng mga batas para sa tao at nagbaba ng mga kautusan sa kanya, na humihingi sa tao na magtayo ng templo at mga altar; ang gawain na ginawa Niya ay kumakatawan lamang sa Kapanahunan ng Kautusan. Ang gawain na ginawa Niya ay hindi nagpapatunay na ang Diyos ay isang Diyos lamang na humihingi sa tao na panatilihin ang kautusan, na Siya ang Diyos sa templo, o ang Diyos sa harapan ng altar. Ang sabihin ito ay hindi katotohanan. Ang gawaing ginawa sa ilalim ng kautusan ay maaari lamang kumatawan sa isang kapanahunan. Samakatuwid, kung ginawa lamang ng Diyos ang gawain sa Kapanahunan ng Kautusan, ikukulong ng tao ang Diyos sa sumusunod na kahulugan at sasabihing, “Ang Diyos ay ang Diyos sa templo. Upang makapaglingkod sa Diyos, kailangan nating magsuot ng mga kasuotang pangsaserdote at pumasok sa templo.” Kung ang gawain sa Kapanahunan ng Biyaya ay hindi naisagawa kahit kailan at ang Kapanahunan ng Kautusan ay nagpatuloy hanggang sa kasalukuyan, hindi malalaman ng tao na ang Diyos ay maawain din at mapagmahal. Kung ang gawain sa Kapanahunan ng Kautusan ay hindi nagawa, at tanging yaong sa Kapanahunan ng Biyaya ang nagawa, ang malalaman lamang ng tao ay na ang Diyos ay nakakapagtubos lamang sa tao at nakakapagpatawad lamang sa mga kasalanan ng tao. Ang malalaman lamang niya ay na Siya’y banal at walang-sala, at na kaya Niyang isakripisyo ang Sarili Niya at mapako sa krus para sa tao. Ito lamang ang malalaman ng tao at wala na siyang magiging kaunawaan sa iba pa. Kaya ang bawa’t kapanahunan ay kumakatawan sa isang bahagi ng disposisyon ng Diyos. Tungkol naman sa kung aling mga aspeto ng disposisyon ng Diyos ang kinakatawan sa Kapanahunan ng Kautusan, alin sa Kapanahunan ng Biyaya, at alin sa kasalukuyang kapanahunan: ang disposisyon ng Diyos ay maibubunyag lamang nang lubusan kapag pinagsama-sama ang lahat ng tatlong yugto. Tanging kapag

nalalaman na ng tao ang buong tatlong yugto saka ito ganap na mauunawaan ng tao. Walang isa sa mga tatlong yugto ang maaaring hindi isama. Makikita mo lamang ang disposisyon ng Diyos sa kabuuan nito kapag nalaman mo itong tatlong yugto ng gawain. Ang katunayang natapos ng Diyos ang Kanyang gawain sa Kapanahunan ng Kautusan ay hindi nagpapatunay na Siya lamang ang Diyos sa ilalim ng kautusan, at ang katunayang natapos Niya ang Kanyang gawain ng pagtubos ay hindi nangangahulugan na ang Diyos ay tutubos sa sangkatauhan magpakailanman. Ang lahat ng ito ay mga konklusyon na binuo ng tao. Dahil ang Kapanahunan ng Biyaya ay dumating na sa katapusan, hindi mo masasabi sa gayon na ang Diyos ay para lamang sa krus at na ang krus ang natatanging kumakatawan sa pagliligtas ng Diyos. Kung ginagawa mo ang ganoon, binibigyan mo ng pakahulugan ang Diyos. Sa yugto ngayon, ang Diyos ay pangunahing gumagawa ng gawain ng salita, ngunit hindi mo maaaring sabihin na ang Diyos ay hindi kailanman naging maawain sa tao at na ang tanging nadala Niya ay pagkastigo at paghatol. Ang gawain sa mga huling araw ay naglalantad sa gawain ni Jehova at ni Jesus at sa lahat ng hiwaga na hindi naintindihan ng tao. Ginagawa ito upang ibunyag ang hantungan at ang katapusan ng sangkatauhan at tapusin ang lahat ng gawain ng pagliligtas sa gitna ng sangkatauhan. Itong yugtong ito ng gawain sa mga huling araw ay naghahatid sa lahat ng bagay sa katapusan. Lahat ng hiwaga na hindi naintindihan ng tao ay dapat malantad upang pahintulutan ang tao na masukat ang lalim ng mga ito at magkaroon ng lubos na malinaw na pagkaunawa sa kanilang mga puso. Saka lamang maaaring mahati ang mga tao ayon sa kanilang mga uri. Pagkatapos lamang na maging ganap ang anim-na-libong-taong plano ng pamamahala saka maiintindihan ng tao ang buong disposisyon ng Diyos, dahil ang Kanyang pamamahala ay doon lamang darating sa pagtatapos. Ngayon na naranasan na ninyo ang gawain ng Diyos sa panghuling kapanahunan, ano ang disposisyon ng Diyos? Mangangahas ka bang magsabi na ang Diyos ay ang Diyos na nagsasabi lamang ng mga salita? Hindi ka mangangahas na bumuo ng gayong konklusyon. Sasabihin ng ilan na ang Diyos ay ang Diyos na nagbubukas ng mga misteryo, na ang Diyos ay ang Cordero at Siya na sumisira sa pitong tatak. Ngunit walang sinuman ang nangangahas na bumuo ng gayong konklusyon. Maaring sabihin ng iba na ang Diyos ay ang nagkatawang-taong laman, ngunit hindi pa rin ito tama. At maaari ding sabihin ng iba na ang Diyos na nagkatawang-tao ay nagsasabi lamang ng mga salita at hindi gumagawa ng mga tanda at ng mga himala, ngunit lalong hindi ka mangangahas na magsalita sa ganitong paraan, sapagkat si Jesus ay nagkatawang-tao at gumawa ng mga tanda at mga himala, kaya hindi ka mangangahas na basta-bastang bigyang-pakahulugan ang Diyos. Ang lahat ng gawain na ginawa sa buong anim-na-libong-taong plano ng pamamahala ay ngayon lamang nagtatapos. Malalaman lamang ng sangkatauhan ang lahat ng disposisyon ng Diyos at kung anong mayroon at kung ano ang Diyos matapos maibunyag ang lahat ng gawaing ito sa tao at maisakatuparan sa gitna ng tao. Kapag ang gawain ng yugtong ito ay ganap nang natapos, ang lahat ng hiwaga na hindi naunawaan ng tao ay mabubunyag, ang

lahat ng katotohanan na dati'y hindi naintindihan ng tao ay magiging malinaw, at ang sangkatauhan ay masasabihan tungkol sa kanilang hinaharap na landas at hantungan. Ito ang kabuuan ng gawaing gagawin sa kasalukuyang yugto. Bagama't ang landas na nilalakaran ng tao sa kasalukuyan ay ang landas din ng krus at ng pagdurusa, ang isinasagawa ng tao, kinakain, iniinom, at tinatamasa ngayon ay may malaking pagkakaiba mula roon sa nakamit ng tao sa ilalim ng kautusan at sa Kapanahunan ng Biyaya. Ang hinihingi sa tao ngayong araw ay hindi tulad niyaong sa nakalipas at lalong hindi tulad ng hiningi sa tao sa Kapanahunan ng Kautusan. At ano ang hiningi sa tao sa ilalim ng kautusan noong ginagawa ng Diyos ang Kanyang gawain sa Israel? Walang ibang hiniling sa kanila kundi ang panatilihin ang Sabbath at ang mga kautusan ni Jehova. Walang sinuman ang dapat magtrabaho sa Sabbath o lumabag sa mga kautusan ni Jehova. Ngunit hindi na ganito sa ngayon. Sa araw ng Sabbath, ang tao ay gumagawa, nagtitipon at nananalangin gaya ng dati, at walang mga paghihigpit na ipinapataw sa kanya. Yaong mga nasa Kapanahunan ng Biyaya ay dapat mabautismuhan, at hiningi rin sa kanila na mag-ayuno, magpira-piraso ng tinapay, uminom ng alak, takpan ang kanilang mga ulo, at hugasan ang mga paa ng iba para sa kanila. Ngayon, ang mga patakarang ito ay naiwaksi na ngunit mas malalaki ang hinihingi sa tao, dahil ang gawain ng Diyos ay patuloy na lumalalim at ang pagpasok ng tao ay patuloy na tumataas. Noong nakalipas, ipinatong ni Jesus ang Kanyang mga kamay sa tao at nanalangin, ngunit ngayon na ang lahat ng bagay ay nasabi na, ano ang silbi ng pagpapatong ng mga kamay? Ang mga salita lamang ay maaaring makapagkamit ng mga resulta. Noong nakaraan, kapag Siya'y nagpatong ng Kanyang mga kamay sa tao, ito'y para pagpalain at pagalingin ang tao. Ganito gumawa ang Banal na Espiritu noong panahong iyon, ngunit hindi na ganito sa ngayon. Ngayon, ang Banal na Espiritu ay gumagamit ng mga salita upang gumawa at magtamo ng mga bunga. Nilinaw na Niya ang Kanyang mga salita sa inyo, at dapat lamang ninyo itong isagawa gaya ng sinabi sa inyo. Ang Kanyang mga salita ay ang Kanyang kalooban; ang mga ito ang gawain na Kanyang nais gawin. Sa pamamagitan ng Kanyang mga salita, mauunawaan mo ang Kanyang kalooban at kung ano ang hinihingi Niyang abutin mo, at maisasagawa mo ang Kanyang mga salita nang direkta nang hindi na kailangan ng pagpapatong ng mga kamay. Maaaring sabihin ng ilan, "Ipatong Mo ang Iyong mga kamay sa akin! Ipatong Mo ang Iyong mga kamay sa akin upang matanggap ko ang Iyong pagpapala at makibahagi sa Iyo." Ang lahat ng ito ay lipas nang mga pagsasagawa na ngayon ay hindi na ginagawa, dahil nagbago na ang kapanahunan. Ang Banal na Espiritu ay gumagawa alinsunod sa kapanahunan, hindi nang sapalaran o ayon sa nakatakdang mga panuntunan. Nagbago na ang kapanahunan, at ang isang bagong kapanahunan ay tiyak na may dalang bagong gawain. Totoo ito sa bawa't yugto ng gawain, at kaya ang Kanyang gawain ay hindi kailanman nauulit. Sa Kapanahunan ng Biyaya, ginawa ni Jesus ang maraming gayong gawain, tulad ng pagpapagaling ng sakit, pagpapalayas ng mga demonyo, pagpapatong ng Kanyang mga kamay sa tao upang ipanalangin ang tao, at pagpapala sa tao. Gayunman, ang gawin uli

ang gayon ay walang saysay sa kasalukuyan. Ang Banal na Espiritu ay gumawa sa ganoong paraan noong panahong iyon, dahil iyon ang Kapanahunan ng Biyaya, at may sapat na biyaya para tamasahin ng tao. Hindi kinailangang magbayad ang tao ng anumang halaga at tumanggap siya ng biyaya hangga't siya ay may pananampalataya. Lahat ay tinrato nang may lubhang kagandahang-loob. Ngayon, ang kapanahunan ay nagbago na, at ang gawain ng Diyos ay nakasulong na nang higit pa; sa pamamagitan ng pagkastigo at paghatol na ang pagiging mapanghimagsik ng tao at ang mga karumihan sa kalooban ng tao ay maaalis. Dahil ito ang yugto ng pagtubos, kinailangang gumawa ang Diyos sa gayong paraan, na nagpapakita ng sapat na biyaya para matamasa ng tao, para matubos ang tao mula sa kasalanan, at, sa pamamagitan ng biyaya, mapatawad ang tao sa kanyang mga kasalanan. Ang kasalukuyang yugto ay upang ilantad ang di-pagkamatuwid sa kalooban ng tao sa pamamagitan ng pagkastigo, paghatol, paghampas gamit ang mga salita, pati na rin ng pagdisiplina at pagbubunyag ng mga salita, upang pagkatapos ay mailigtas ang sangkatauhan. Ito ay gawaing mas malalim kaysa pagtubos. Sa Kapanahunan ng Biyaya, ang tao ay nagtamasa ng sapat na biyaya; ngayong nakaranas na ng biyayang ito ang tao, hindi na ito matatamasa ng tao. Ang gayong gawain ay lipas na ngayon at hindi na gagawin. Ngayon, ang tao ay ililigtas sa pamamagitan ng paghatol ng salita. Pagkatapos hatulan, kastiguhin at pinuhin ang tao, ang kanyang disposisyon ay nababago. Hindi ba't ito ay dahil sa mga salitang Aking sinambit? Ang bawa't yugto ng gawain ay ginagawa ayon sa pag-unlad ng buong sangkatauhan at kasabay ng kapanahunan. Lahat ng gawain ay may kabuluhan; lahat ng ito ay ginagawa para sa pangwakas na pagliligtas, para ang sangkatauhan ay magkaroon ng isang magandang hantungan sa hinaharap, at para ang tao ay mahati ayon sa kanilang mga uri sa katapusan.

Ang gawain sa mga huling araw ay ang bumigkas ng mga salita. May malalaking pagbabago na maibubunga sa tao sa pamamagitan ng mga salita. Ang mga pagbabagong nangyayari ngayon sa mga taong ito sa pagtanggap nila ng mga salitang ito ay higit kaysa roon sa mga tao noong sila ay tumanggap ng mga tanda at mga kababalaghan sa Kapanahunan ng Biyaya. Sapagkat, sa Kapanahunan ng Biyaya, ang mga demonyo ay pinalayas sa tao sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay at panalangin, ngunit ang tiwaling mga disposisyon sa kalooban ng tao ay nanatili pa rin. Ang tao ay pinagaling sa kanyang sakit at pinatawad sa kanyang mga kasalanan, ngunit ang gawain ng kung paano maiwawaksi ang tiwaling maka-satanas na disposisyon sa loob ng tao ay hindi pa nagawa. Ang tao ay nailigtas lamang at napatawad sa kanyang mga kasalanan dahil sa kanyang pananampalataya, ngunit ang makasalanang kalikasan ng tao ay hindi naalis at nanatili pa rin sa kanyang kalooban. Ang mga kasalanan ng tao ay napatawad sa pamamagitan ng Diyos na nagkatawang-tao, ngunit hindi ito nangangahulugan na ang tao ay wala nang kasalanan sa kalooban niya. Ang mga kasalanan ng tao ay maaaring mapatawad sa pamamagitan ng handog para sa kasalanan, ngunit walang paraan ang tao para lutasin ang suliranin kung paano siya hindi na muling magkakasala at kung

paanong ang kanyang makasalanang kalikasan ay ganap na maiwawaksi at mababago. Ang mga kasalanan ng tao ay napatawad dahil sa gawain ng pagpapapako sa krus ng Diyos, ngunit ang tao ay patuloy na namuhay sa dati niyang tiwaling maka-satanas na disposisyon. Dahil dito, ang tao ay dapat na ganap na mailigtas mula sa kanyang tiwaling maka-satanas na disposisyon upang ang makasalanang kalikasan ng tao ay maaaring ganap na maiwaksi at hindi na kailanman muling mabubuo, at sa gayon ay tinutulatang mabago ang disposisyon ng tao. Kakailanganin nito na maunawaan ng tao ang landas ng paglago sa buhay, ang daan ng buhay, at ang daan upang baguhin ang kanyang disposisyon. Kakailanganin din na ang tao ay kumilos alinsunod sa landas na ito, nang sa gayon ang disposisyon niya ay unti-unting mababago at makakapamuhay siya sa ilalim ng sikat ng liwanag, upang ang lahat ng ginagawa niya ay maging kaayon ng kalooban ng Diyos, upang maiwaksi niya ang kanyang tiwaling maka-satanas na disposisyon, at upang makalaya siya mula sa impluwensya ng kadiliman ni Satanas, at sa gayon ay ganap na makalaya mula sa kasalanan. Saka lamang matatanggap ng tao ang ganap na kaligtasan. Nang ginagawa ni Jesus ang Kanyang gawain, ang pagkakakilala ng tao sa Kanya ay malabo pa rin at hindi maliwanag. Ang tao ay laging naniwala na Siya ay anak ni David at ipinahayag na Siya ay isang dakilang propeta at ang mabuting Panginoon na tumubos sa mga kasalanan ng tao. Ang ilan, dahil sa lakas ng kanilang pananampalataya, ay gumaling sa pamamagitan lamang ng paghipo sa laylayan ng Kanyang damit; ang bulag ay nakakita at maging ang patay ay nabuhay muli. Gayunman, hindi nagawang matuklasan ng tao ang tiwaling maka-satanas na disposisyon na malalim na nakatanim sa kalooban niya at hindi rin alam ng tao kung paano iwaksi ito. Ang tao ay nakatanggap ng labis na biyaya, tulad ng kapayapaan at kasiyahan ng laman, ang pagpapala ng buong pamilya dahil sa pananampalataya ng isa, at ang pagpapagaling ng mga sakit, at iba pa. Ang natitira ay ang mga mabuting gawa ng tao at kanyang maka-Diyos na itsura; kung ang isang tao ay kayang mabuhay batay sa ganito, siya ay itinuring na isang katanggap-tanggap na mananampalataya. Ang mga mananampalatayang tulad lamang nito ang maaaring pumasok sa langit pagkamatay, na nangangahulugan na sila ay nailigtas. Ngunit, sa kanilang buong buhay, hindi nila naunawaan kahit kaunti ang daan ng buhay. Ang ginawa lamang nila ay gumawa ng mga kasalanan at pagkatapos ay ikumpisal ang kanilang mga kasalanan nang paulit-ulit nang walang anumang landas sa pagbabago ng kanilang disposisyon: Ganyan ang kalagayan ng tao sa Kapanahunan ng Biyaya. Ang tao ba ay nakatanggap ng ganap na kaligtasan? Hindi! Samakatuwid, matapos na makumpleto ang yugtong iyon ng gawain, naroon pa rin ang gawain ng paghatol at pagkastigo. Ang yugtong ito ay para dalisayin ang tao sa pamamagitan ng salita at sa gayo'y bigyan siya ng isang landas na susundan. Ang yugtong ito ay hindi magiging mabunga o makahulugan kung nagpatuloy ito sa pagpapalayas ng mga demonyo, sapagkat ang makasalanang kalikasan ng tao ay hindi maiwawaksi at ang tao ay hihinto lamang sa pagpapatawad ng mga kasalanan. Sa pamamagitan ng handog para sa kasalanan, ang tao ay napatawad sa kanyang mga kasalanan, sapagkat ang

gawain ng pagpapapako sa krus ay dumating na sa katapusan at ang Diyos ay nanaig laban kay Satanas. Ngunit ang tiwaling disposisyon ng tao ay nananatili pa rin sa loob niya at ang tao ay maaari pa ring magkasala at labanan ang Diyos, at hindi pa nakamit ng Diyos ang sangkatauhan. Kung kaya sa yugtong ito ng gawain ay ginagamit ng Diyos ang salita upang ibunyag ang tiwaling disposisyon ng tao, na nagsasanhi sa kanyang magsagawa alinsunod sa tamang landas. Ang yugtong ito ay mas makahulugan kaysa nauna at mas mabunga rin, dahil sa ngayon ang salita ang direktang nagtutustos sa buhay ng tao at nagbibigay-daan upang ang disposisyon ng tao ay ganap na mapanibago; ito ay isang yugto ng gawain na mas masusi. Samakatuwid, nakumpleto ng pagkakatawang-tao sa mga huling araw ang kabuluhan ng pagkakatawang-tao ng Diyos at ganap na tumapos sa plano ng pamamahala ng Diyos para sa kaligtasan ng tao.

Ang pagliligtas ng Diyos sa tao ay hindi direktang ginagawa gamit ang pamamaraan ng Espiritu at pagkakakilanlan ng Espiritu, sapagkat ang Kanyang Espiritu ay hindi maaaring mahawakan o makita ng tao, at hindi Siya maaaring malapitan ng tao. Kung sinubukan Niyang direktang iligtas ang tao sa paraan ng Espiritu, hindi magagawa ng tao na tanggapin ang Kanyang pagliligtas. Kung hindi isinuot ng Diyos ang panlabas na anyo ng isang nilalang na tao, hindi magkakaroon ang tao ng paraan para tanggapin ang kaligtasang ito. Sapagkat walang paraan ang tao upang makalapit sa Kanya, katulad ng walang nakalapit sa ulap ni Jehova. Personal Niyang magagawa ang salita sa lahat ng sumusunod sa Kanya sa pamamagitan lamang ng pagiging isang nilikhang tao, ibig sabihin, sa pamamagitan ng paglalagay ng Kanyang salita sa Kanyang magiging katawang-tao. Sa ganitong paraan lamang maaaring personal na makita at marinig ng tao ang Kanyang salita, at higit pa rito, taglayin ang Kanyang salita, at nang sa gayon ay lubusang mailigtas. Kung ang Diyos ay hindi naging katawang-tao, walang nagtataglay ng laman at dugo ang makakatanggap ng ganoon kadakilang kaligtasan, at wala rin kahit isang tao ang maliligtas. Kung ang Espiritu ng Diyos ay gumawa nang direkta sa gitna ng sangkatauhan, ang buong sangkatauhan ay babagsak o di kaya ay ganap na mabibihag ni Satanas dahil hindi kaya ng tao na makalapit sa Diyos. Ang unang pagkakatawang-tao ay upang tubusin ang tao mula sa kasalanan sa pamamagitan ng katawang-tao ni Jesus, na ang ibig sabihin ay iniligtas Niya ang tao mula sa krus, ngunit ang tiwaling satanikong disposisyon ng tao ay nanatili pa rin sa loob ng tao. Ang ikalawang pagkakatawang-tao ay hindi na upang magsilbing handog para sa kasalanan kundi upang lubos na iligtas ang mga taong tinubos mula sa kasalanan. Ito ay ginagawa upang ang mga pinatawad na ay mailigtas mula sa kanilang mga kasalanan at gawing lubos na malinis, at sa pagkakamit ng pagbabago sa disposisyon ay makakawala sila sa impluwensya ng kadiliman ni Satanas at makakabalik sa harap ng trono ng Diyos. Tanging sa paraang ito maaaring lubos na mapabanal ang tao. Sinimulan ng Diyos ang gawain ng pagliligtas sa Kapanahunan ng Biyaya nang matapos na ang Kapanahunan ng Kautusan. Nagpatuloy ito hanggang sa mga huling araw, kung kailan ganap na dadalisayin ng Diyos ang sangkatauhan sa pamamagitan ng paghatol at pagkastigo sa

tao dahil sa kanilang pagiging suwail. Pagkatapos nito ay saka lamang mawawakasan ng Diyos ang Kanyang gawain ng pagliligtas at makapagpapahinga ang Diyos. Samakatuwid, sa tatlong yugto ng gawain, dalawang beses lamang nagkatawang-tao ang Diyos upang maisagawa Niya Mismo ang Kanyang gawain sa tao. Iyon ay dahil isa lamang sa tatlong yugto ng gawain ang aakay sa mga tao sa kanilang mga buhay, habang ang dalawa pang iba ay binubuo ng gawain ng pagliligtas. Sa pamamagitan lamang ng pagkakatawang-tao maaaring mamuhay ang Diyos na kasama ng tao, maranasan ang paghihirap ng mundo, at mamuhay sa isang normal na katawang may laman. Sa ganitong paraan lamang Niya maaaring matustusan ang mga tao ng praktikal na paraan na kailangan nila bilang mga nilalang. Ang tao ay nakakatanggap ng lubos na kaligtasan mula sa Diyos sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao ng Diyos, at hindi direkta mula sa langit bilang kasagutan sa kanyang mga panalangin. Sapagkat ang tao ay may laman at dugo, walang paraan ang tao na makita ang Espiritu ng Diyos, at lalong hindi nito malalapitan ang Kanyang Espiritu. Ang makakaugnayan lamang ng tao ay ang katawan ng Diyos na nagkatawang-tao, at sa pamamagitan lamang nito nauunawaan ng tao ang lahat ng pamamaraan at lahat ng katotohanan at matatanggap ang ganap na kaligtasan. Ang ikalawang pagkakatawang-tao ay sapat na upang alisin ang mga kasalanan ng tao at lubos na dalisayin ang tao. Samakatuwid, sa pangalawang pagkakatawang-tao, mawawakasan ang lahat ng gawain ng Diyos sa katawang-tao at makukumpleto ang kabuluhan ng pagkakatawang-tao ng Diyos. Pagkatapos noon, ang gawain ng Diyos sa katawang-tao ay lubos na magtatapos. Pagkatapos ng ikalawang pagkakatawang-tao, hindi na Siya muling magiging katawang-tao sa ikatlong pagkakataon para sa Kanyang gawain. Sapagkat ang Kanyang buong pamamahala ay natapos na. Sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao sa mga huling araw ay ganap nang nakamit ang Kanyang hinirang na mga tao, at napaghiwalay ayon sa kanilang uri ang sangkatauhan sa mga huling araw. Siya ay hindi na gagawa ng gawain ng pagliligtas, ni babalik sa katawang-tao upang magsakatuparan ng anumang gawain. Sa gawain sa mga huling araw, ang salita ay mas makapangyarihan kaysa pagpapakita ng mga tanda at mga kababalaghan, at nahihigitan ng awtoridad ng salita ang mga tanda at mga himala. Inilalantad ng salita ang lahat ng tiwaling disposisyon na malalim na nakabaon sa puso ng tao. Hindi mo makikilala ang mga ito sa sarili mo. Kapag ang mga ito ay naibunyag sa iyo sa pamamagitan ng salita, natural na matutuklasan mo ang mga ito; hindi mo maitatanggi ang mga ito, at lubos kang makukumbinsi. Hindi ba ito ang awtoridad ng salita? Ito ang resultang nakamit ng kasalukuyang gawain ng salita. Samakatuwid, ang tao ay hindi ganap na maililigtas mula sa kanyang mga kasalanan sa pamamagitan ng pagpapagaling ng sakit at pagpapalayas ng mga demonyo, at hindi rin siya magagawang ganap sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga tanda at mga kababalaghan. Ang awtoridad upang magpagaling ng mga sakit at magpalayas ng mga demonyo ay nagbibigay lamang ng biyaya sa tao, ngunit ang laman ng tao ay pag-aari pa rin ni Satanas at ang tiwaling satanikong disposisyon ay nananatili pa rin sa kalooban ng tao.

Sa madaling salita, ang hindi pa nalilinis ay kabilang pa rin sa kasalanan at karumihan. Makakamit ng Diyos at magiging banal ang tao pagkatapos lamang na malinis ang tao sa pamamagitan ng salita. Noong ang mga demonyo ay napalayas sa tao at siya ay natubos, ito ay nangangahulugan lamang na siya ay naagaw mula sa mga kamay ni Satanas at naibalik sa Diyos. Subalit kung hindi siya nalinis o nabago ng Diyos, siya ay nananatiling tiwaling tao. Sa loob ng tao ay umiiral pa rin ang karumihan, pagsalungat at pagiging suwail; ang tao ay nakabalik lamang sa Diyos sa pamamagitan ng pagtubos, ngunit wala siya ni katiting na pagkakakilala sa Diyos at may kakayahan pa rin siyang lumaban at magtaksil sa Kanya. Bago tinubos ang tao, marami sa mga lason ni Satanas ang naitanim na sa kalooban niya at, pagkatapos ng libu-libong taon ng pagtiwali ni Satanas sa kanya, nasa kanyang kalooban ang matatag na kalikasang lumalaban sa Diyos. Samakatuwid, kapag natubos na ang tao, ito ay walang iba kundi isang kaso ng pagtubos kung saan ang tao ay binili sa mataas na halaga, ngunit ang may lason na kalikasan sa kanyang kalooban ay hindi pa naaalis. Ang tao na lubhang nadungisan ay kailangang sumailalim sa isang pagbabago bago maging karapat-dapat na maglingkod sa Diyos. Sa pamamagitan ng gawaing ito ng paghatol at pagkastigo, lubusang malalaman ng tao ang marumi at tiwaling diwa sa kanyang sariling kalooban, at magagawa niyang lubos na magbago at maging malinis. Sa ganitong paraan lamang maaaring maging karapat-dapat na bumalik ang tao sa harap ng luklukan ng Diyos. Lahat ng gawaing ginagawa sa araw na ito ay para malinis at mabago ang tao; sa pamamagitan ng paghatol at pagkastigo gamit ang salita, pati na rin ng pagpipino, makakaya ng tao na maiwaksi ang kanyang katiwalian at maaaring madalisay ang tao. Sa halip na ituring ang yugtong ito ng gawain bilang pagliligtas, mas akma sabihin na ito ay ang gawain ng pagdadalisay. Ang totoo, ang yugtong ito ay panlulupig at ang pangalawang yugto rin ng gawain ng pagliligtas. Ang tao ay nakakamit ng Diyos sa pamamagitan ng paghatol at pagkastigo gamit ang salita; at sa pamamagitan ng paggamit ng salita upang magpino, maghatol, at maglantad ganap na naibubunyag ang lahat ng karumihan, mga kuru-kuro, mga motibo, at mga indibidwal na pag-asam sa kalooban ng puso ng tao. Kahit na ang tao ay maaaring natubos at napatawad na sa kanyang mga kasalanan, ito ay maaari lamang na ituring na hindi pag-alala ng Diyos sa mga paglabag ng tao at hindi pagtrato sa tao alinsunod sa mga paglabag nito. Subalit, kapag ang tao na namumuhay sa katawang tao, ay hindi pa napapalaya mula sa kasalanan, siya ay maaaring magpatuloy lamang sa pagkakasala, inihahayag nang walang katapusan ang kanyang satanikong disposisyon. Ito ang buhay ng tao, isang walang-katapusang pagpapaulit-ulit ng kasalanan at kapatawaran. Ang karamihan ng tao ay nagkakasala sa araw upang magtapat ng kasalanan sa gabi. Dahil dito, kahit na ang handog para sa kasalanan ay walang hanggan ang bisa sa tao, hindi nito magagawang iligtas ang tao mula sa kasalanan. Tanging kalahati lang ng gawain ng pagliligtas ang nakumpleto, sapagkat ang tao ay mayroon pa ring tiwaling disposisyon. Halimbawa, nang mapagtanto ng mga tao na sila ay nagmula kay Moab, nagreklamo sila, hindi na nila hinangad ang buhay, at naging

lubos na negatibo. Hindi ba't ipinakikita nito na hindi pa rin nagagawang lubos na magpasakop ng sangkatauhan sa kapangyarihan ng Diyos? Hindi ba't ito ang mismong tiwaling satanikong disposisyon nila? Nang ikaw ay hindi isinailalim sa pagkastigo, ang iyong mga kamay ay nakataas nang mas mataas kaysa iba, maging kay Jesus. At ikaw ay sumigaw nang malakas: "Maging isang minamahal na anak ng Diyos! Maging malapit sa Diyos! Mas pipiliin namin ang mamatay kaysa yumuko kay Satanas! Mag-alsa laban sa matandang Satanas! Mag-alsa laban sa malaking pulang dragon! Nawa'y ang malaking pulang dragon ay lubos na bumagsak mula sa kapangyarihan! Nawa'y gawin tayong ganap ng Diyos!" Ang iyong mga sigaw ay pinakamalakas sa lahat. Ngunit pagkatapos ay dumating ang panahon ng pagkastigo at, minsan pa'y nabunyag ang tiwaling disposisyon ng mga tao. Pagkatapos, tumigil ang kanilang mga sigaw, at wala na silang paninindigan. Ito ang katiwalian ng tao; mas malalim kaysa kasalanan, ito ay itinanim ni Satanas at malalim na nag-ugat sa loob ng tao. Hindi madali para sa tao na mabatid ang kanyang mga kasalanan; wala siyang paraan para kilalanin ang kanyang sariling kalikasang nag-ugat na nang malalim, at kailangan niyang umasa sa paghatol ng salita upang makamit ang ganitong resulta. Sa ganitong paraan lamang maaaring unti-unting mabago ang tao mula sa puntong ito. Isinigaw ng tao ang ganito dati sapagkat ang tao ay walang pagkaunawa sa kanyang likas na tiwaling disposisyon. Ang mga ito ang mga karumihan sa kalooban ng tao. Sa kahabaan ng ganoon katagal na panahon ng paghatol at pagkastigo, ang tao ay namuhay sa isang kapaligiran na puno ng tensyon. Hindi ba't ang lahat ng ito ay natamo sa pamamagitan ng salita? Hindi ba't sumigaw ka rin nang napakalakas bago ang pagsubok sa mga tagapagsilbi? "Pumasok sa kaharian! Lahat ng tumatanggap sa pangalang ito ay papasok sa kaharian! Ang lahat ay makikibahagi sa Diyos!" Nang ang pagsubok sa mga tagapagsilbi ay dumating, hindi ka na sumigaw. Sa pinakasimula, ang lahat ay sumigaw, "O Diyos! Saan Mo man ako ilagay, magpapasakop ako sa iyong pamamatnubay." Pagkabasa sa mga salita ng Diyos na "Sino ang Aking magiging Pablo?" ang sabi ng mga tao, "Ako ay nakahanda!" Pagkatapos ay nakita nila ang mga salitang "At ano naman ang tungkol sa pananampalataya ni Job?" at sinabing, "Nakahanda akong akuin ang pananampalataya ni Job. Diyos ko, pakiusap subukin Mo ako!" Nang dumating ang pagsubok sa mga tagapagsilbi, sila ay kaagad na bumagsak at halos hindi na muling makatayo. Pagkatapos noon, ang mga karumihan sa puso nila ay unti-unting nabawasan. Hindi ba ito natamo sa pamamagitan ng salita? Kaya, ang inyong naranasan sa kasalukuyan ay mga resulta na natamo sa pamamagitan ng salita, na higit pang mas dakila kaysa roon sa natamo sa pamamagitan ng paggawa ng mga tanda at mga himala ni Jesus. Ang kaluwalhatian ng Diyos at awtoridad ng Diyos Mismo na iyong nakikita ay hindi lamang nakikita sa pamamagitan ng pagkakapako sa krus, pagpapagaling ng karamdaman at pagpapalayas ng mga demonyo, kundi lalong higit sa pamamagitan ng paghatol ng Kanyang salita. Ipinakikita nito sa iyo na hindi lamang ang paggawa ng mga tanda, pagpapagaling ng karamdaman at pagpapalayas ng mga demonyo ang bumubuo sa awtoridad at

kapangyarihan ng Diyos, kundi mas mahusay na kinakatawan ng paghatol ng salita ng Diyos ang awtoridad ng Diyos at mas nagbubunyag ito ng Kanyang pagiging makapangyarihan sa lahat.

Ang nakamit ng tao ngayon—ang kasalukuyan niyang tayog, kaalaman, pag-ibig, katapatan, pagkamasunurin, at kabatiran—ay ang mga resulta na nakamit sa pamamagitan ng paghatol ng salita. Nakakaya mong magkaroon ng katapatan at manatiling nakatayo hanggang sa araw na ito dahil sa salita. Ngayon ay nakikita ng tao na ang gawain ng Diyos na nagkatawang-tao ay sadyang higit sa karaniwan, at napakarami rito ay hindi magagawang makamit ng tao, at mga hiwaga at mga kababalaghan. Samakatuwid, marami ang nagpasakop na. Ang ilan ay hindi kailanman nagpasakop sa sinumang tao magmula nang ipanganak sila, gayunma'y kapag nakikita nila ang mga salita ng Diyos sa araw na ito, lubos silang nagpapasakop nang hindi napapansing nagagawa na nila ang gayon, at hindi sila nagtatangkang magsiyasat nang mabuti o magsalita ng ano pa mang bagay. Ang sangkatauhan ay nahulog na sa ilalim ng salita at nakadapa na sa ilalim ng paghatol ng salita. Kung ang Espiritu ng Diyos ay direktang nagsalita sa tao, ang buong sangkatauhan ay magpapasakop sa tinig, babagsak na walang mga salita ng nagbubunyag, tulad ng kung paanong si Pablo ay bumagsak sa lupa sa gitna ng liwanag habang siya ay papunta sa Damasco. Kung ang Diyos ay nagpatuloy na gumawa sa ganitong paraan, hindi kailanman magagawa ng tao na makilala ang kanyang sariling katiwalian sa pamamagitan ng paghatol ng salita at nang sa gayon ay makamit ang kaligtasan. Tanging sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao maihahatid ng Diyos nang personal ang Kanyang mga salita sa mga tainga ng lahat ng tao upang ang lahat ng may mga tainga ay marinig ang Kanyang mga salita at makatanggap ng Kanyang gawain ng paghatol sa pamamagitan ng salita. Ang resultang ito ay nakamit sa pamamagitan lamang ng Kanyang salita, sa halip na sa pagpapamalas ng Espiritu upang takutin ang tao para magpasakop. Sa pamamagitan lamang ng praktikal at higit sa karaniwang gawaing ito maaaring lubusang maibunyag ang lumang disposisyon ng tao, na malalim na naitago sa loob ng maraming taon, upang makilala ito ng tao at mabago ito. Lahat ng ito ang praktikal na gawain ng Diyos na nagkatawang-tao, kung saan nakakamit Niya ang mga resulta ng paghatol sa tao ng salita sa pamamagitan ng pagsasalita at pagsasagawa ng paghatol sa isang praktikal na paraan. Ito ang awtoridad ng Diyos na nagkatawang-tao at ang kabuluhan ng pagkakatawang-tao ng Diyos. Ito ay ginagawa upang ipakilala ang awtoridad ng Diyos na nagkatawang-tao, ang mga resulta na nakamit sa pamamagitan ng gawain ng salita, at na ang Espiritu ay dumating sa laman at ipinakikita ang Kanyang awtoridad sa pamamagitan ng paghatol sa tao sa pamamagitan ng salita. Kahit na ang Kanyang katawang-tao ay nasa anyo ng isang ordinaryo at normal na pagkatao, ang mga resultang nakakamit ng Kanyang mga salita ang nagpapakita sa tao na Siya ay puno ng awtoridad, na Siya ang Diyos Mismo at na ang Kanyang mga salita ang pagpapahayag ng Diyos Mismo. Sa pamamagitan nito ay ipinakikita sa lahat ng tao na Siya ang Diyos Mismo, ang Diyos Mismo na nagkatawang-tao,

na walang sinuman ang maaaring magkasala sa Kanya, at na walang maaaring makalampas sa Kanyang paghatol sa pamamagitan ng salita, at walang puwersa ng kadiliman ang maaaring mangibabaw sa Kanyang awtoridad. Nagpapasakop nang lubos ang tao sa Kanya dahil Siya ang Salita na nagkatawang-tao, dahil sa Kanyang awtoridad, at dahil sa Kanyang paghatol sa pamamagitan ng salita. Ang gawain na dinala ng Kanyang nagkatawang-taong laman ang awtoridad na Kanyang tinataglay. Siya ay nagkakatawang-tao dahil ang katawang-tao ay maaari ring magtaglay ng awtoridad, at Siya ay may kakayahang magsakatuparan ng gawain sa gitna ng sangkatauhan sa isang praktikal na paraan, sa paraang nakikita at nahahawakan ng tao. Ang gayong gawain ay mas makatotohanan kaysa sa gawain na direktang ginagawa ng Espiritu ng Diyos na nagtataglay ng lahat ng awtoridad, at ang mga resulta nito ay maliwanag din. Ito ay dahil ang nagkatawang-taong laman ng Diyos ay nakakapagsalita at nakakagawa sa isang praktikal na paraan. Ang panlabas na anyo ng Kanyang katawang-tao ay walang awtoridad at maaaring lapitan ng tao, samantalang ang Kanyang diwa ay nagtataglay ng awtoridad, ngunit walang nakakakita sa Kanyang awtoridad. Kapag Siya ay nagsasalita at gumagawa, hindi napapansin ng tao ang pagiral ng Kanyang awtoridad; ito ay nakakatulong sa Kanyang paggawa ng praktikal na gawain. Lahat ng naturang praktikal na gawain ay makakapagkamit ng mga resulta. Kahit na walang tao ang nakakatanto na Siya ay nagtataglay ng awtoridad o nakakakita na hindi dapat magkasala sa Kanya, o nakakakita sa Kanyang poot, nakakamit Niya ang hinahangad na mga resulta ng Kanyang mga salita sa pamamagitan ng Kanyang natatagong awtoridad at poot, at mga salitang hayagan Niyang binibigkas. Sa madaling salita, sa pamamagitan ng tono ng Kanyang boses, mahigpit na pagsasalita, at lahat ng karunungan ng Kanyang mga salita, ang tao ay lubusang nakukumbinsi. Sa ganitong paraan, ang tao ay nagpapasakop sa salita ng Diyos na nagkatawang-tao, na tila ba walang awtoridad, at dahil doon ay natutupad ang layunin ng Diyos na iligtas ang tao. Ito ang isa pang aspeto ng kabuluhan ng Kanyang pagkakatawang-tao: ang magsalita nang mas makatotohanan at hayaan ang realidad ng Kanyang mga salita na magkaroon ng epekto sa tao nang sa gayon ay masaksihan ng tao ang kapangyarihan ng salita ng Diyos. Samakatuwid, kung hindi ginawa ang gawaing ito sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao, hindi ito magkakamit ng anumang resulta at hindi nito magagawang lubos na iligtas ang mga makasalanang tao. Kung ang Diyos ay hindi nagkatawang-tao, Siya ay mananatiling ang Espiritu na parehong hindi nakikita at hindi nahahawakan ng tao. Dahil ang tao ay isang nilalang na gawa sa laman, ang tao at ang Diyos ay nabibilang sa dalawang magkaibang mundo at may magkaibang kalikasan. Ang Espiritu ng Diyos ay hindi kaayon ng tao, na gawa sa laman, at sadyang walang paraan para magtatag ng mga relasyon sa pagitan nila; higit pa rito, ang tao ay hindi maaaring maging isang espiritu. Dahil dito, ang Espiritu ng Diyos ay dapat na maging isang nilalang upang magawa ang Kanyang orihinal na gawain. Ang Diyos ay parehong kaya na umakyat sa pinakamataas na lugar at ipagpakumbaba ang Kanyang sarili para

maging isang taong nilikha, na gumagawa ng gawain at namumuhay na kasama ng tao, ngunit ang tao ay hindi kayang umakyat sa pinakamataas na lugar at maging isang espiritu at lalong hindi siya makakababa sa pinakamababang lugar. Ito ang dahilan kung bakit ang Diyos ay dapat magkatawang-*tao* upang maisakatuparan ang Kanyang gawain. Katulad nito, noong unang pagkakatawang-*tao*, tanging ang katawan ng Diyos na nagkatawang-*tao* ang maaaring tumubos sa tao sa pamamagitan ng Kanyang pagpapapako sa krus, samantalang hindi posible para sa Espiritu ng Diyos na maipako sa krus bilang handog para sa kasalanan ng tao. Ang Diyos ay maaaring direktang magkatawang-*tao* upang magsilbing handog para sa kasalanan ng tao, ngunit ang tao ay hindi maaaring direktang umakyat sa langit upang tanggapin ang handog para sa kasalanan na inihanda ng Diyos para sa kanya. Dahil dito, ang posible lamang ay ang hingin sa Diyos na magpabalik-balik nang ilang beses sa pagitan ng langit at lupa, sa halip na paakyat sa tao sa langit upang kunin ang kaligtasang ito, sapagkat ang tao ay nahulog at, bukod pa roon, sadyang hindi maaaring umakyat sa langit ang tao, lalo na ang tanggapin ang handog para sa kasalanan. Samakatuwid, kinailangan na dumating si Jesus sa gitna ng sangkatauhan at personal na gawin ang gawain na sadyang hindi maaaring maisakatuparan ng tao. Tuwing nagkakatawang-*tao* ang Diyos, lubos itong kinakailangang gawin. Kung alinman sa mga yugto ay maaaring maisakatuparan nang direkta ng Espiritu ng Diyos, hindi na sana Niya tiniis ang kawalang-dangal ng pagkakatawang-*tao*.

Sa huling yugtong ito ng gawain, ang mga resulta ay nakakamit sa pamamagitan ng salita. Sa pamamagitan ng salita, dumarating ang tao sa pagkaunawa sa maraming hiwaga at sa gawaing nagawa ng Diyos sa nakaraang mga henerasyon; sa pamamagitan ng salita, naliliwanagan ang tao ng Banal na Espiritu; sa pamamagitan ng salita, dumarating ang tao sa pagkaunawa sa mga hiwaga na kailanman ay hindi pa nailantad ng mga nagdaang henerasyon, pati na rin sa gawain ng mga propeta at mga apostol ng mga nakaraang panahon, at ang mga prinsipyo kung paano sila ay gumawa; sa pamamagitan ng salita, dumarating din ang tao sa pagkaunawa sa disposisyon ng Diyos Mismo, pati na rin sa pagiging mapanghimagsik at paglaban ng tao, at dumarating sa pagkaalam ng kanyang sariling diwa. Sa pamamagitan ng mga hakbang na ito ng gawain at lahat ng salitang winika, dumarating ang tao sa pagkakilala sa gawain ng Espiritu, sa gawain ng nagkatawang-*taong* Diyos, at lalo na, sa Kanyang buong disposisyon. Ang iyong kaalaman sa gawain ng pamamahala ng Diyos sa loob ng anim na libong taon ay nakamit din sa pamamagitan ng salita. Hindi ba't ang iyong kaalaman tungkol sa iyong dating mga kuru-kuro at tagumpay sa pagsasantabi sa mga ito ay nakamit din sa pamamagitan ng salita? Sa naunang yugto, ginawa ni Jesus ang mga tanda at mga kababalaghan, ngunit walang mga tanda at mga kababalaghan sa yugtong ito. Hindi ba't ang iyong pagkaunawa kung bakit hindi Niya ginagawa ang mga tanda at mga kababalaghan ay nakamit din sa pamamagitan ng salita? Samakatuwid, ang mga salita na ipinahayag sa yugtong ito ay lampas sa gawain na ginawa ng mga apostol at propeta ng mga

henerasyong nagdaan. Kahit na ang mga propesiya na sinabi ng mga propeta ay hindi magagawang magkamit ng resultang ito. Ang mga propeta ay naghayag lamang ng mga propesiya, ng kung ano ang mangyayari sa hinaharap, ngunit hindi ng gawain na nais gawin ng Diyos sa panahong iyon. Hindi rin sila nagsalita upang gabayan ang tao sa kanilang mga buhay, o upang magkaloob ng mga katotohanan sa sangkatauhan o upang magbunyag sa tao ng mga hiwaga, at lalo nang hindi upang magkaloob ng buhay. Sa mga salitang winika sa yugtong ito, mayroong propesiya at katotohanan, ngunit ang mga ito ay pangunahing naglilingkod upang magkaloob ng buhay sa tao. Ang mga salita sa kasalukuyan ay hindi tulad ng mga propesiya ng mga propeta. Ito ay isang yugto ng gawain na hindi para sa pagpapahayag ng propesiya kundi para sa buhay ng tao, upang baguhin ang disposisyon ng tao sa buhay. Ang unang yugto ay ang gawain ni Jehova: ang Kanyang gawain ay ang ihanda ang isang landas upang sambahin ng tao ang Diyos sa lupa. Ito ang gawain ng pag-uumpisa upang masumpungan ang pagmumulan ng gawain sa lupa. Nang panahong iyon, tinuruan ni Jehova ang mga Israelita na sundin ang Sabbath, igalang ang kanilang mga magulang at mamuhay nang mapayapa kasama ang isa't isa. Ito ay dahil hindi naunawaan ng mga tao nang panahong iyon kung ano ang bumubuo sa tao, at hindi rin nila naunawaan kung paano mabuhay sa lupa. Kinailangan sa unang yugto ng gawain na gabayan Niya ang mga tao sa kanilang mga buhay. Ang lahat ng sinabi ni Jehova sa kanila ay hindi pa naipaalam sa sangkatauhan sa nakaraan o nataglay man nila. Nang panahong yaon, itinaas ng Diyos ang maraming propeta upang magsalita ng mga propesiya, at lahat sila ay ginawa iyon sa ilalim ng paggabay ni Jehova. Ito ay isang bagay lamang sa gawain ng Diyos. Sa unang yugto, ang Diyos ay hindi nagkatawang-tao, kaya Siya ay nag-atas sa lahat ng tribo at bansa sa pamamagitan ng mga propeta. Nang ginawa ni Jesus ang Kanyang gawain sa panahon Niya, hindi Siya nagsalita ng kasingdami ng sa kasalukuyan. Ang yugtong ito ng gawain ng salita sa mga huling araw ay hindi pa kailanman nagawa sa nakaraang mga kapanahunan at mga henerasyon. Kahit na sina Isaias, Daniel at Juan ay gumawa ng maraming propesiya, ang kanilang mga propesiya ay ganap na naiiba mula sa mga salita na binibigkas ngayon. Ang kanilang mga binigkas ay mga propesiya lamang, ngunit ang mga salita ngayon ay hindi. Kung ginawa Kong mga propesiya ang lahat ng Aking mga sinasabi ngayon, magagawa ba ninyong maunawaan? Ipagpalagay na ang Aking sinasabi ay mga bagay pagkatapos Kong umalis, paano ka kung gayon maaaring makatamo ng pagkaunawa? Ang gawain ng salita ay hindi kailanman ginawa sa panahon ni Jesus o sa Kapanahunan ng Kautusan. Marahil ang ilan ay sasabihin, “Hindi ba nagwika rin si Jehova ng mga salita sa panahon ng Kanyang gawain? Bukod sa pagpapagaling ng sakit, pagpapalayas ng mga demonyo at paggawa ng mga tanda at mga kababalaghan, hindi ba nagwika rin ng mga salita si Jesus nang panahong gumagawa Siya?” May mga pagkakaiba sa mga bagay na sinasabi. Ano ang diwa ng mga salita na binigkas ni Jehova? Ginagabayan lamang Niya ang sangkatauhan sa kanilang mga buhay sa lupa, na walang kinalaman sa espirituwal na mga bagay sa buhay. Bakit sinasabi na, nang nagsalita si Jehova, ito

ay para lamang mag-atas sa mga tao sa lahat ng lugar? Ang salitang “mag-atas” ay nangangahulugang pagsasabi nang tahasan at pag-uutos nang tuwiran. Hindi Siya nagtustos ng buhay sa tao; sa halip, hinawakan Niya lamang ang kamay ng tao at tinuruan ang tao kung paano Siya igalang, nang wala masyadong mga parabula. Ang gawain ni Jehova sa Israel ay hindi ang pakitunguhan o disiplinahin ang tao o ang magdala ng paghatol at pagkastigo; ito ay ang gabayan siya. Inutusan ni Jehova si Moises na sabihin sa Kanyang bayan na magtipon ng mana sa kaparangan. Tuwing umaga bago ang pagsikat ng araw, sila ay dapat mag-ipon ng mana, na sapat lamang upang kainin nila sa araw na iyon. Ang mana ay hindi maaaring itabi hanggang sa susunod na araw, sapagkat ito ay aamagin. Hindi Niya tinuruan ang tao o ibinunyag ang kanilang mga kalikasan, at hindi Niya rin ibinunyag ang kanilang mga ideya at mga iniisip. Hindi Niya binago ang mga tao kundi ginabayan sila sa kanilang mga buhay. Sa panahong iyon, ang mga tao ay tulad ng mga bata, walang nauunawaan na kahit ano at nakakagawa lamang ng ilang payak na mekanikal na pagkilos, at kaya nagtalaga lamang si Jehova ng mga kautusan upang gabayan ang mga tao.

Para maipalaganap ang ebanghelyo, nang sa gayon ang lahat niyaong naghahanap nang may tapat na puso ay maaaring makatamo ng kaalaman tungkol sa gawain na ginagawa sa araw na ito at maging lubusang kumbinsido, dapat mong marating ang isang malinaw na pagkaintindi sa nakapaloob na kuwento, sa diwa, at sa kabuluhan ng gawain na ginagawa sa bawa’t yugto. Gawin mo na sa pakikinig sa iyong pagbabahagi, mauunawaan ng iba ang gawain ni Jehova, ang gawain ni Jesus at, higit pa rito, ang lahat ng gawain ng Diyos sa kasalukuyan, pati na rin ang mga pagkakaugnay at mga pagkakaiba sa pagitan ng tatlong yugto ng gawain. Gawin mo na pagkatapos nilang makinig, makikita nila na hindi ginagambala ng tatlong yugto ang isa’t isa, kundi ay lahat gawain ng parehong Espiritu. Kahit gumagawa Sila sa magkakaibang kapanahunan, ang nilalaman ng gawaing Kanilang ginagawa ay magkakaiba, at ang mga salitang Kanilang binibigkas ay magkakaiba, ngunit ang mga prinsipyo kung paano Sila gumagawa ay iisa at pareho. Ang mga bagay na ito ang pinakamalalaking pangitain na dapat maunawaan ng lahat ng taong sumusunod sa Diyos.

Ginagawang Ganap ng Dalawang Pagkakatawang-tao ang Kabuluhan ng Pagkakatawang-tao

Bawat yugto ng gawaing ginawa ng Diyos ay may sariling praktikal na kabuluhan. Noon, nang pumarito si Jesus, dumating Siya sa anyong lalaki, at nang dumating ang Diyos sa pagkakataong ito, ang anyo Niya ay babae. Mula rito, makikita mo na ang paglikha ng Diyos sa kapwa lalaki at babae ay magagamit sa Kanyang gawain, at para sa Kanya ay walang pagkakaiba ng kasarian. Kapag dumarating ang Kanyang Espiritu,

maaari Siyang magbihis ng anumang katawang-taong gusto Niya, at maaari Siyang katawanin ng katawang-taong iyon; lalaki man o babae, maaari nitong katawanin ang Diyos basta't ito ang Kanyang nagkatawang-taong laman. Kung nagpakita si Jesus bilang isang babae nang Siya ay dumating, sa madaling salita, kung isang sanggol na babae, at hindi isang lalaki, naipaglihi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, makukumpleto pa rin ang yugtong iyon ng gawain. Kung nagkagayon, kakailanganing kumpletuhin ng isang lalaki ang kasalukuyang yugto ng gawain, ngunit makukumpleto pa rin ang gawain. Ang gawaing ginagawa sa bawat yugto ay mayroong sarili nitong kabuluhan; hindi naulit ang alinmang yugto ng gawain, ni hindi ito magkasalungat. Sa panahong iyon, si Jesus, sa paggawa ng Kanyang gawain, ay tinawag na bugtong na Anak, at ang "Anak" ay nagpapahiwatig ng kasariang lalaki. Bakit hindi binanggit ang bugtong na Anak sa kasalukuyang yugtong ito? Dahil ang mga kinakailangan ng gawain ay nangailangan ng pagbabago ng kasarian na naiiba sa kay Jesus. Para sa Diyos walang pagkakaiba ang kasarian. Ginagawa Niya ang Kanyang gawain ayon sa Kanyang kagustuhan, at sa paggawa ng Kanyang gawain ay hindi Siya sumasailalim sa anumang mga paghihigpit, kundi malayang-malaya. Subalit bawat yugto ng gawain ay may sariling praktikal na kabuluhan. Dalawang beses na naging tao ang Diyos, at maliwanag na ang Kanyang pagkakatawang-tao sa mga huling araw ang huling pagkakataon. Naparito Siya upang ipahayag ang lahat ng Kanyang gawa. Kung hindi Siya naging tao sa yugtong ito upang personal na gumawa para masaksihan ng tao, kumapit sana ang tao magpakailanman sa kuru-kuro na ang Diyos ay lalaki lamang, hindi babae. Bago ito, naniwala ang buong sangkatauhan na maaari lamang maging lalaki ang Diyos at hindi maaaring tawaging Diyos ang isang babae, sapagkat itinuring ng buong sangkatauhan na may awtoridad ang mga lalaki sa mga babae. Naniwala sila na walang babaeng maaaring magkaroon ng awtoridad, mga lalaki lamang. Bukod pa rito, sinabi pa nila na ang lalaki ang pinuno ng babae at na kailangang sundin ng babae ang lalaki at hindi niya maaaring higitan ito. Noong araw, nang sabihin na ang lalaki ang pinuno ng babae, patungkol ito kina Adan at Eba, na nalinlang ng ahas—hindi sa lalaki at babae ayon sa pagkalikha sa kanila ni Jehova sa simula. Siyempre pa, kailangang sundin at mahalin ng isang babae ang kanyang asawa, at kailangang matutuhan ng lalaki na pakainin at suportahan ang kanyang pamilya. Ito ang mga batas at kautusang itinakda ni Jehova na kailangang sundin ng sangkatauhan sa kanilang buhay sa lupa. Sinabi ni Jehova sa babae, "Ang iyong pagnanais ay magiging sa iyong asawa, at siya ang mamamahala sa iyo." Sinabi lamang Niya iyon upang ang sangkatauhan (ibig sabihin, kapwa ang lalaki at ang babae) ay mabuhay nang normal sa ilalim ng kapamahalaan ni Jehova, at upang ang buhay ng sangkatauhan ay magkaroon ng isang kaayusan, at hindi mawala sa tama nitong pagkakaayos. Samakatuwid, gumawa si Jehova ng angkop na mga panuntunan tungkol sa nararapat na pagkilos ng lalaki at babae, bagama't patungkol lamang ito sa lahat ng nilalang na nabubuhay sa lupa, at walang kaugnayan sa nagkatawang-taong laman ng Diyos. Paano magiging kapareho ng Diyos ang

Kanyang mga nilikha? Ang Kanyang mga salita ay patungkol lamang sa sangkatauhan na Kanyang nilikha; para mabuhay nang normal ang sangkatauhan, itinakda Niya ang mga panuntunan para sa lalaki at babae. Sa simula, nang likhain ni Jehova ang sangkatauhan, gumawa Siya ng dalawang klaseng tao, kapwa lalaki at babae; kaya nga hiwalay ang lalaki at babae sa Kanyang mga nagkatawang-taong laman. Hindi Niya ipinasiya ang Kanyang gawain batay sa mga salitang sinabi Niya kina Adan at Eba. Ang dalawang beses na naging tao Siya ay natukoy nang lubusan ayon sa Kanyang iniisip noong una Niyang likhain ang sangkatauhan; ibig sabihin, nakumpleto Niya ang gawain ng Kanyang dalawang pagkakatawang-tao batay sa lalaki at babae bago sila nagawang tiwali. Kung tinanggap ng sangkatauhan ang mga salitang sinambit ni Jehova kina Adan at Eba, na nalinlang ng ahas, at inangkop ang mga ito sa gawain ng pagkakatawang-tao ng Diyos, hindi ba dapat ding mahalín ni Jesus ang Kanyang asawa tulad ng nararapat Niyang gawin? Sa ganitong paraan, magiging Diyos pa rin ba ang Diyos? At dahil dito, makakaya pa rin kaya Niyang kumpletuhin ang Kanyang gawain? Kung mali na maging babae ang nagkatawang-taong laman ng Diyos, hindi kaya isang napakalaking kamalian din na nalikha ng Diyos ang babae? Kung naniniwala pa rin ang mga tao na maling magkatawang-tao ang Diyos bilang babae, hindi kaya nagkamali rin si Jesus, na hindi nag-asawa at samakatuwid ay hindi nagawang mahalín ang Kanyang asawa, na tulad ng kasalukuyang pagkakatawang-tao? Yamang ginagamit mo ang mga salitang sinambit ni Jehova kay Eba upang sukatin ang katotohanan ng pagkakatawang-tao ng Diyos sa kasalukuyang araw, kailangan mong gamitin ang mga salita ni Jehova kay Adan upang hatulan ang Panginoong Jesus na naging tao sa Kapanahunan ng Biyaya. Hindi ba magkapareho ang mga ito? Yamang sinusukat mo ang Panginoong Jesus ayon sa lalaking hindi nalinlang ng ahas, hindi mo maaaring hatulan ang katotohanan ng pagkakatawang-tao ngayon ayon sa babaeng nalinlang ng ahas. Hindi magiging patas ito! Ang pagsukat sa Diyos sa ganitong paraan ay nagpapatunay na wala ka sa katwiran. Nang maging tao si Jehova nang dalawang beses, ang kasarian ng Kanyang katawang-tao ay may kaugnayan sa lalaki at sa babaeng hindi nalinlang ng ahas; alinsunod ito sa lalaki at babaeng hindi nalinlang ng ahas na dalawang beses Siyang naging tao. Huwag mong isipin na ang pagkalalaki ni Jesus ay kapareho ng kay Adan, na nalinlang ng ahas. Ganap na walang kaugnayan ang dalawa, sila ay mga lalaki na dalawang magkaiba ang likas na pagkatao. Tiyak kayang hindi maaari na ang pagkalalaki ni Jesus ay nagpapatunay na Siya ang pinuno ng lahat ng babae ngunit hindi ng lahat ng lalaki? Hindi ba Siya ang Hari ng lahat ng Hudyo (kasama na kapwa ang mga lalaki at mga babae)? Siya ang Diyos Mismo, hindi lamang ang pinuno ng babae kundi ang pinuno rin ng lalaki. Siya ang Panginoon ng lahat ng nilalang at ang pinuno ng lahat ng nilalang. Paano mo malalaman na ang pagkalalaki ni Jesus ang sagisag ng pinuno ng babae? Hindi ba ito kalapastanganan? Si Jesus ay isang lalaking hindi nagawang tiwali. Siya ang Diyos; Siya ang Cristo; Siya ang Panginoon. Paano Siya magiging isang lalaki na tulad ni Adan na nagawang tiwali? Si Jesus ang katawang-taong ibinihis ng pinakabanal na Espiritu

ng Diyos. Paano mo nasabi na Siya ay isang Diyos na nagtataglay ng pagkalalaki ni Adan? Kung magkagayon, hindi kaya mali ang buong gawain ng Diyos? Isasama kaya ni Jehova sa loob ni Jesus ang pagkalalaki ni Adan na nalinlang ng ahas? Hindi ba ang pagkakatawang-*tao* ng kasalukuyang panahon ay isa pang halimbawa ng gawain ng Diyos na nagkatawang-*tao*, na iba ang kasarian kay Jesus ngunit katulad Niya ang likas na katangian? Nangangahas ka pa rin bang sabihin na hindi maaaring maging babae ang Diyos na nagkatawang-*tao*, dahil babae ang unang nalinlang ng ahas? Nangangahas ka pa rin bang sabihin na, dahil ang babae ang pinakamarumi at ang pinagmulan ng katiwalian ng sangkatauhan, hindi posibleng maging *tao* ang Diyos bilang isang babae? Nangangahas ka bang magpumilit sa pagsasabi na “palaging susundin ng babae ang lalaki at hindi maaaring makita o direktang kumatawan sa Diyos kailanman”? Hindi ka nakaunawa noong araw, ngunit magagawa mo bang patuloy na lapastanganin ngayon ang gawain ng Diyos, lalo na ang nagkatawang-*taong* laman ng Diyos? Kung hindi ito malinaw sa iyo, mabuti pang ingatan mo ang iyong pananalita, kung hindi ay mahahayag ang iyong kahangalan at kamangmangan at malalantad ang iyong kapangitan. Huwag mong isipin na nauunawaan mo ang lahat. Sinasabi Ko sa iyo na hindi sapat ang lahat ng nakita at naranasan mo para maunawaan mo kahit ang ika-sanlibong bahagi ng Aking plano ng pamamahala. Kung gayon ay bakit napakayabang mong kumilos? Ang katiting na talento at kaunting kaalaman mo ay hindi sapat para gamitin ni Jesus kahit isang segundo lamang ng Kanyang gawain! Gaano ba talaga karami ang karanasan mo? Ang nakita mo at lahat ng narinig mo sa buong buhay mo at ang naisip mo ay maliit kaysa sa gawaing ginagawa Ko sa isang saglit! Ang pinakamabuti ay huwag kang mamintas at maghanap ng mali. Maaari kang magmayabang hangga’t gusto mo, ngunit isa ka lamang nilalang na ni hindi kapantay ng isang langgam! Lahat ng laman ng iyong tiyan ay mas kakaunti kaysa sa laman ng tiyan ng isang langgam! Huwag mong isipin na, komo nagkaroon ka na ng kaunting karanasan at nauna ka sa tungkulin, may karapatan ka nang magkukumpas at magmayabang. Hindi ba ang iyong karanasan at pagkauna sa tungkulin ay bunga ng mga salitang nabigkas Ko? Naniniwala ka ba na kapalit ang mga iyon ng sarili mong pagsisikap at pagpapagod? Ngayon, nakikita mo na Ako ay naging *tao*, at dahil lamang dito ay napuno ka ng napakaraming konsepto, at ng walang-katapusang mga kuru-kuro mula roon. Kung hindi dahil sa Aking pagkakatawang-*tao*, kahit may taglay kang mga di-pangkaraniwang talento, hindi ka magkakaroon ng napakaraming konsepto; at hindi ba rito nagmumula ang mga kuru-kuro mo? Kung hindi naging *tao* si Jesus sa unang pagkakataong iyon, malalaman mo kaya ang tungkol sa pagkakatawang-*tao*? Hindi ba dahil binigyan ka ng unang pagkakatawang-*tao* ng kaalaman kaya walang-pakundangan mong sinusubukang husgahan ang ikalawang pagkakatawang-*tao*? Bakit sa halip na maging isa kang masunuring alagad, pinag-aaralan mo ito? Kapag nakapasok ka na tungo sa daloy na ito at humarap ka sa Diyos na nagkatawang-*tao*, papayagan ka kaya Niyang magsaliksik tungkol sa Kanya? Maaari kang magsaliksik tungkol sa kasaysayan ng sarili mong

pamilya, ngunit kung susubukan mong saliksikin ang “kasaysayan ng pamilya” ng Diyos, papayagan ka kaya ng Diyos ng ngayon na magsagawa ng gayong pag-aaral? Hindi ka ba bulag? Hindi mo ba hinahamak ang iyong sarili?

Kung nagawa lamang sana ang gawain ni Jesus, at hindi dinagdagan ng gawain sa yugtong ito ng mga huling araw, kakapit magpakailanman ang tao sa kuru-kuro na si Jesus lamang ang bugtong na Anak ng Diyos, ibig sabihin, na iisa lamang ang anak ng Diyos, at na sinumang kasunod Niya na iba ang pangalan ay hindi magiging bugtong na Anak ng Diyos, lalo nang hindi ang Diyos Mismo. May kuru-kuro ang tao na sinumang nagsisilbi bilang handog dahil sa kasalanan o naghahawak ng kapangyarihan sa ngalan ng Diyos at tumutubos sa buong sangkatauhan, ay ang bugtong na Anak ng Diyos. May ilang naniniwala na basta’t lalaki Yaong dumarating, maaari Siyang ituring na bugtong na Anak at kinatawan ng Diyos. May mga nagsasabi pa nga na si Jesus ang Anak ni Jehova, ang Kanyang bugtong na Anak. Hindi ba labis-labis ang gayong mga kuru-kuro? Kung ang yugtong ito ng gawain ay hindi ginawa sa huling kapanahunan, ang buong sangkatauhan ay malalambungan ng madilim na anino pagdating sa Diyos. Kung nagkagayon, iisipin ng lalaki na mas mataas siya kaysa sa babae, at hindi makapagtataas-noo ang mga babae kailanman, at pagkatapos ay wala ni isang babaeng maliligtas. Palaging naniniwala ang mga tao na lalaki ang Diyos, at bukod pa ryan ay lagi Niyang hinahamak ang babae at hindi siya pinagkakalooban ng kaligtasan. Kung nagkagayon, hindi ba magiging totoo na lahat ng babae, na nilikha ni Jehova at nagawa ring tiwali, ay hindi kailanman magkakaroon ng pagkakataong maligtas? Kung gayon ay hindi ba mawawalan ng kabuluhan na likhain ni Jehova ang babae, ibig sabihin, na nalikha si Eba? At hindi ba mapapahamak ang babae magpasawalang-hanggan? Dahil dito, isinasakatuparan ang yugto ng gawain sa mga huling araw upang mailigtas ang buong sangkatauhan, hindi lamang ang babae. Kung iisipin ng sinuman na kung magkakatawang-tao ang Diyos bilang babae, para lamang iyon sa kapakanan ng pagliligtas sa babae, sa gayon ay talagang magiging hangal ang taong iyon!

Naisulong na ng gawain ngayon ang gawain ng Kapanahunan ng Biyaya; ibig sabihin, nakasulong na ang gawain sa ilalim ng buong anim-na-libong-taong plano ng pamamahala. Bagama’t natapos na ang Kapanahunan ng Biyaya, nagkaroon na ng pag-unlad sa gawain ng Diyos. Bakit Ko ba sinasabi nang paulit-ulit na ang yugtong ito ng gawain ay batay sa Kapanahunan ng Biyaya at sa Kapanahunan ng Kautusan? Dahil ang gawain ng panahong ito ay pagpapatuloy ng gawaing ginawa sa Kapanahunan ng Biyaya, at isang pag-unlad doon sa ginawa sa Kapanahunan ng Kautusan. Ang tatlong yugto ay mahigpit na magkakaugnay, na bawat kawing sa kadena ay nakarugtong na mabuti sa kasunod. Bakit Ko ba sinasabi rin na ang yugtong ito ng gawain ay batay sa ginawa ni Jesus? Ipagpalagay nang ang yugtong ito ay hindi batay sa gawaing ginawa ni Jesus, kakailanganing maganap ang isa pang pagpapapako sa krus sa yugtong ito, at ang gawain ng pagtubos ng naunang yugto ay kakailanganing uliting muli. Magiging walang saysay ito. Kaya nga hindi sa ganap nang natapos ang gawain, kundi nakasulong

na ang kapanahunan at ang antas ng gawain ay naitaas na nang mas mataas kaysa dati. Masasabi na ang yugtong ito ng gawain ay nakabatay sa pundasyon ng Kapanahunan ng Kautusan at nakasalig sa bato ng gawain ni Jesus. Ang gawain ng Diyos ay itinatatag nang yugtu-yugto, at ang yugtong ito ay hindi isang bagong simula. Ang pinagsamang tatlong yugto ng gawain lamang ang maaaring ituring na anim-na-libong-taong plano ng pamamahala. Ang gawain ng yugtong ito ay ginagawa sa pundasyon ng gawain ng Kapanahunan ng Biyaya. Kung hindi magkaugnay ang dalawang yugtong ito ng gawain, bakit hindi inulit ang pagpapako sa krus sa yugtong ito? Bakit hindi Ko pasan ang mga kasalanan ng tao, kundi sa halip ay pumarito Ako upang hatulan at kastiguhin nang tuwiran ang tao? Kung ang Aking gawaing hatulan at kastiguhin ang tao ay hindi sumunod sa pagpapako sa krus, at ang Aking pagparito ngayon ay hindi sa paglilihi ng Banal na Espiritu, hindi sana Ako naging marapat na hatulan at kastiguhin ang tao. Dahil ito mismo sa kaisa Ako ni Jesus kaya Ako pumarito upang tuwirang kastiguhin at hatulan ang tao. Ang gawain sa yugtong ito ay lubos na batay sa gawain sa naunang yugto. Iyan ang dahilan kaya ganitong klaseng gawain lamang ang maaaring maghatid sa tao, sa paisa-isang hakbang, tungo sa kaligtasan. Kami ni Jesus ay nagmumula sa iisang Espiritu. Bagama't wala Kaming kaugnayan sa Aming katawang-tao, iisa ang Aming Espiritu; bagama't ang nilalaman ng Aming ginagawa at ang gawaing Aming ginagawa ay hindi magkapareho, magkatulad Kami sa diwa; ang Aming katawang-tao ay magkaiba ang anyo, ngunit dahil ito sa pagbabago sa kapanahunan at sa magkakaibang mga kinakailangan ng Aming gawain; hindi magkapareho ang Aming ministeryo, kaya magkaiba rin ang gawaing hatid Namin at ang disposisyong inihahayag Namin sa tao. Kaya nga ang nakikita at nauunawaan ng tao sa araw na ito ay hindi katulad noong araw, na dahil sa pagbabago sa kapanahunan. Sa lahat ng iyan ay magkaiba Sila sa kasarian at sa anyo ng Kanilang katawang-tao, at hindi Sila isinilang sa iisang pamilya, at lalo nang hindi sa iisang panahon, magkagayunman ay iisa ang Kanilang Espiritu. Sa lahat ng iyan ay hindi magkapareho ang dugo ni ang anumang uri ng pisikal na pagiging magkamag-anak, hindi maikakaila na Sila ay mga nagkatawang-taong laman ng Diyos sa dalawang magkaibang panahon. Hindi mapabubulaanan ang katotohanan na Sila ang mga nagkatawang-taong laman ng Diyos. Subalit, hindi Sila magkadugo at magkaiba ang kanilang wika (ang isa ay lalaki na nagsasalita ng wika ng mga Hudyo at ang isa naman ay babae na nagsasalita lamang ng Tsino). Ito ang mga dahilan kaya Sila namuhay sa magkaibang bansa upang gawin ang gawaing kinakailangang gawin ng bawat isa, at sa magkaibang panahon din. Sa kabila ng katunayan na Sila ay iisang Espiritu, may magkaparehong diwa, walang ganap na mga pagkakatulad sa panlabas na balat ng Kanilang katawang-tao. Magkatulad lamang Sila sa pagkatao, ngunit pagdating sa panlabas na hitsura ng Kanilang katawang-tao at ang sitwasyon ng Kanilang kapanganakan, hindi Sila magkatulad. Walang epekto ang mga bagay na ito sa kanya-kanyang gawain Nila o sa kaalaman ng tao tungkol sa Kanila, sapagkat, matapos isaalang-alang ang lahat, iisa Silang Espiritu at walang makapaghihiwalay sa Kanila.

Bagama't hindi Sila magkadugo, ang Kanilang buong katauhan ay nasa pamamahala ng Kanilang Espiritu, na naglalaan sa Kanila ng magkaibang gawain sa magkaibang panahon, at ang Kanilang mga katawang-tao ay sa magkaibang linya ng dugo. Ang Espiritu ni Jehova ay hindi ang ama ng Espiritu ni Jesus, at ang Espiritu ni Jesus ay hindi ang anak ng Espiritu ni Jehova: Iisa Sila at pareho ang Espiritu. Gayundin, ang Diyos na nagkatawang-tao ng ngayon at si Jesus ay hindi magkadugo, ngunit iisa Sila, ito ay dahil iisa ang Kanilang Espiritu. Magagawa ng Diyos ang gawain ng awa at kagandahang-loob, gayundin ang matuwid na paghatol at pagkastigo sa tao, at yaong pagtawag sa mga sumpa sa tao; at sa huli, magagawa Niya ang gawain ng pagwasak sa mundo at pagpaparusa sa masama. Hindi ba ginagawa Niya Mismo ang lahat ng ito? Hindi ba ito ang walang-hanggang kapangyarihan ng Diyos? Nagawa Niyang parehong magpahayag ng mga batas para sa tao at bigyan siya ng mga kautusan, at nagawa rin Niyang akayin ang mga sinaunang Israelita sa kanilang pamumuhay sa lupa, at gabayan sila sa pagtatayo ng templo at mga altar, habang hawak ang lahat ng Israelita sa ilalim ng Kanyang kapamahalaan. Dahil sa Kanyang awtoridad, nabuhay Siya sa lupa sa piling ng mga tao sa Israel sa loob ng dalawang libong taon. Hindi nangahas ang mga Israelita na sumuway sa Kanya; nagpitagan ang lahat kay Jehova at sumunod sa Kanyang mga utos. Gayon ang gawaing ginawa dahil sa Kanyang awtoridad at sa Kanyang walang-hanggang kapangyarihan. Pagkatapos, noong Kapanahunan ng Biyaya, dumating si Jesus upang tubusin ang buong sangkatauhan ng makasalanan (hindi lamang ang mga Israelita). Nagpakita Siya ng awa at mapagmahal na kabaitan sa tao. Ang Jesus na nakita ng tao sa Kapanahunan ng Biyaya ay puno ng mapagmahal na kabaitan at laging mapagmahal sa tao, sapagkat naparito Siya upang iligtas ang sangkatauhan mula sa kasalanan. Nagawa Niyang patawarin ang mga tao sa kanilang mga kasalanan hanggang sa ganap na tubusin ng pagpapako sa Kanya sa krus ang sangkatauhan mula sa kasalanan. Sa panahong ito, nagpakita ang Diyos sa tao na may awa at mapagmahal na kabaitan; ibig sabihin, naging isa Siyang handog dahil sa kasalanan para sa tao at ipinako sa krus para sa mga kasalanan ng tao, upang sila ay mapatawad magpakailanman. Siya ay maawain, mahabagin, matiisin, at mapagmahal. At hinangad din ng lahat ng sumunod kay Jesus sa Kapanahunan ng Biyaya na maging matiisin at mapagmahal sa lahat ng bagay. Mahaba ang kanilang pagtitiis, at hindi sila lumaban kailanman kahit sila ay binugbog, isinumpa, o binato. Ngunit sa huling yugto hindi na maaaring maging katulad niyon. Ang gawain nina Jesus at Jehova ay hindi lubos na magkapareho kahit Sila ay iisang Espiritu. Ang gawain ni Jehova ay hindi upang wakasan ang kapanahunan, kundi upang gabayan ang kapanahunan, na sinisimulan ang buhay ng sangkatauhan sa lupa, at ang gawain ng ngayon ay upang lupigin yaong mga nasa bansang Hentil na lubhang nagawang tiwali, at upang akayin hindi lamang ang mga taong hinirang ng Diyos sa Tsina, kundi ang buong sansinukob at buong sangkatauhan. Maaaring sa tingin mo ay sa Tsina lamang ginagawa ang gawaing ito, ngunit sa katunayan ay nagsimula na itong lumaganap sa ibang bansa. Bakit hinahanap ng mga tao sa labas ng Tsina ang tunay

na daan, nang paulit-ulit? Dahil nagsimula nang gumawa ang Espiritu, at ang mga salitang sinasambit ngayon ay nakatuon sa mga tao sa buong sansinukob. Dahil dito, kalahati ng gawain ay ginagawa na. Mula sa paglikha ng mundo hanggang sa kasalukuyan, napakilos na ng Espiritu ng Diyos ang dakilang gawaing ito, at bukod dito ay nagawa na ang iba't ibang gawain sa iba't ibang kapanahunan at sa iba't ibang bansa. Nakikita ng mga tao ng bawat kapanahunan ang iba Niyang disposisyon, na likas na nakikita sa pamamagitan ng ibang gawaing Kanyang ginagawa. Siya ang Diyos, puno ng awa at mapagmahal na kabaitan; Siya ang handog dahil sa kasalanan para sa tao at ang pastol ng tao; ngunit Siya rin ang paghatol, pagkastigo, at sumpa ng tao. Maaakay Niya ang tao na mabuhay sa lupa sa loob ng dalawang libong taon, at matutubos din Niya ang tiwaling sangkatauhan mula sa kasalanan. Ngayon, nagagawa rin Niyang lupigin ang sangkatauhan, na hindi nakakakilala sa Kanya, at mapagpapatirapa sila sa ilalim ng Kanyang kapamahalaan, upang lahat ay lubusang magpasakop sa Kanya. Sa huli, susunugin Niya ang lahat ng marumi at di-matuwid sa kalooban ng mga tao sa buong sansinukob, upang ipakita sa kanila na hindi lamang Siya isang maawain at mapagmahal na Diyos, hindi lamang isang Diyos ng karunungan at mga himala, hindi lamang isang banal na Diyos, kundi higit pa rito, isang Diyos na humahatol sa tao. Para sa masasama sa gitna ng sangkatauhan, Siya ay pagsunog, paghatol, at kaparusahan; para sa mga gagawing perpekto, Siya ay kapighatian, pagpipino, at mga pagsubok, isa ring kaaliwan, kabuhayan, pagkakaloob ng mga salita, pakikitungo, at pagtatabas. At para sa mga inaalís, Siya ay kaparusahan at ganti. Sabihin mo sa Akin, hindi ba makapangyarihan sa lahat ang Diyos? Kaya Niya ang anuman at lahat ng gawain, hindi lamang ang pagpapapako sa krus, na tulad ng inaakala mo. Napakaliit ng tingin mo sa Diyos! Naniniwala ka ba na ang tanging magagawa Niya ay tubusin ang buong sangkatauhan sa pamamagitan ng pagpapako sa Kanya sa krus, at wala nang iba? At pagkatapos niyon, susundan mo Siya sa langit upang makakain ng bunga mula sa puno ng buhay at makainom mula sa ilog ng buhay? ... Ganyan kaya kasimple iyon? Sabihin mo sa Akin, ano na ang nagawa mo? Mayroon ka bang buhay na tulad ng buhay ni Jesus? Tunay ngang tinubos ka Niya, ngunit ang maipako sa krus ay ang gawain ni Jesus Mismo. Anong tungkulin ang natupad mo na bilang isang tao? Mukha kang banal, ngunit hindi mo nauunawaan ang Kanyang daan. Ganyan mo ba Siya ipinapakita? Kung hindi mo pa nakamit ang buhay ng Diyos o nakita ang kabuuan ng Kanyang matuwid na disposisyon, hindi mo masasabi na isa kang taong may buhay, at hindi ka nararapat na pumasok sa pasukan ng kaharian ng langit.

Hindi lamang isang Espiritu ang Diyos, maaari din Siyang maging tao. Bukod pa ryan, Siya ay isang katawang may kaluwalhatian. Si Jesus, bagama't hindi pa ninyo Siya nakita, ay nasaksihan ng mga Israelita—ang mga Hudyo noon. Noong una ay isa Siyang katawan na may laman, ngunit matapos Siyang ipako sa krus, Siya ay naging katawang may kaluwalhatian. Siya ang Espiritung sumasaklaw sa lahat at kaya Niyang gumawa sa lahat ng lugar. Maaari Siyang maging si Jehova, o si Jesus, o ang Mesiyas;

sa huli, maaari din Siyang maging Makapangyarihang Diyos. Siya ay katuwiran, paghatol, at pagkastigo; Siya ay sumpa at poot; ngunit Siya rin ay awa at kagandahang-loob. Lahat ng gawaing Kanyang nagawa ay kayang kumatawan sa Kanya. Anong klaseng Diyos ba Siya para sa iyo? Hindi mo maipaliwanag. Kung talagang hindi mo maipaliwanag, hindi ka dapat magsalita nang patapos tungkol sa Diyos. Huwag kang magsalita nang patapos na ang Diyos ay isang Diyos na maawain at may kagandahang-loob magpakailanman dahil lamang sa ginawa Niya ang gawain ng pagtubos sa isang yugto. Masisiguro mo ba na isa lamang Siyang maawain at mapagmahal na Diyos? Kung isa lamang Siyang maawain at mapagmahal na Diyos, bakit Niya wawakasan ang kapanahunan sa mga huling araw? Bakit Siya magpapadala ng napakaraming kalamidad? Ayon sa mga kuru-kuro at kaisipan ng mga tao, ang Diyos ay dapat maging maawain at mapagmahal hanggang sa pinakahuli, upang bawat huling miyembro ng sangkatauhan ay mailigtas. Ngunit, sa mga huling araw, bakit Siya nagpapadala ng gayon katitinding kalamidad tulad ng lindol, salot, at pagkagutom upang wasakin ang masamang sangkatauhang ito, na itinuturing ang Diyos na isang kaaway? Bakit Niya hinahayaang danasin ng tao ang mga kalamidad na ito? Tungkol sa kung anong klase Siyang Diyos, walang sinuman sa inyo ang nangangahas na magsabi, at walang makapagpaliwanag. Nangangahas ka bang sabihin na Siya nga ang Espiritu? Nangangahas ka bang sabihin na Siya ay walang iba kundi ang katawang-tao ni Jesus? At nangangahas ka bang sabihin na Siya ay isang Diyos na nakapako sa krus magpakailanman para sa kapakanan ng tao?

Umiiral Ba ang Trinidad?

Pagkatapos mangyari ang katotohanan na si Jesus ay naging tao, pinaniwalaan ng tao na hindi lamang ang Ama ang nasa langit, kundi pati ang Anak, at maging ang Espiritu. Ito ang karaniwang kuru-kuro ng tao, na may isang Diyos na ganito sa langit: isang tatlong-personang Diyos na Ama, Anak, at Banal na Espiritu. Ito ang mga kuru-kuro ng buong sangkatauhan: Ang Diyos ay iisang Diyos, ngunit binubuo ng tatlong bahagi, na iniisip ng lahat ng hindi matinag sa karaniwang mga kuru-kuro na ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu. Ang tatlong bahaging iyon lamang na pinag-isa ang kabuuan ng Diyos. Kung wala ang Banal na Ama, hindi magiging buo ang Diyos. Gayundin, hindi magiging buo ang Diyos kung wala ang Anak o ang Banal na Espiritu. Sa kanilang mga kuru-kuro, naniniwala sila na hindi maituturing na Diyos ang Ama lamang ni ang Anak lamang. Ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu na magkakasama lamang ang maituturing na Diyos Mismo. Ngayon, lahat ng relihiyosong mananampalataya, at maging ang bawat tagasunod sa inyo, ay ganito ang paniniwala. Subalit, hinggil sa kung tama ang paniniwalang ito, walang sinumang makapagpapaliwanag, sapagkat palagi kayong nalilito tungkol sa mga bagay na patungkol sa Diyos Mismo. Bagama't

ang mga ito ay mga kuru-kuro, hindi ninyo alam kung tama ang mga ito o mali, sapagkat masyado na kayong nahawahan ng mga relihiyosong kuru-kuro. Napakalalim na ng pagtanggap ninyo sa mga karaniwang kuru-kuro na ito ng relihiyon, at nakapasok na nang husto ang lasong ito sa inyong kalooban. Samakatuwid, sa bagay na ito ay bumigay na rin kayo sa mapaminsalang impluwensiyang ito, sapagkat wala naman talagang tatlong-personang Diyos. Ibig sabihin, wala talagang Trinidad na Ama, Anak, at Banal na Espiritu. Lahat ng ito ay mga karaniwang kuru-kuro ng tao, at mga maling paniniwala ng tao. Sa loob ng maraming siglo, naniwala na ang tao sa Trinidad na ito, bunga ng mga kuru-kuro sa isipan ng tao, na gawa-gawa ng tao, at hindi pa dating nakita ng tao. Sa maraming taong nagdaan, marami nang tagapaglahad ng Bibliya ang nagpaliwanag sa “tunay na kahulugan” ng Trinidad, ngunit ang gayong mga paliwanag tungkol sa tatlong-personang Diyos bilang tatlong magkakaibang persona na may iisang diwa ay malabo at hindi malinaw, at nalilito ang lahat ng tao sa “kabuuan” ng Diyos. Wala pang dakilang tao na nakapagbigay ng isang masusing paliwanag kailanman; karamihan sa mga paliwanag ay pasado sa larangan ng pangangatwiran at sa papel, ngunit wala ni isang tao ang may lubos na malinaw na pagkaunawa sa kahulugan nito. Ito ay dahil wala talaga ang dakilang Trinidad na ito na nasasapuso ng tao. Sapagkat wala pang nakakita sa totoong mukha ng Diyos, ni wala pang naging mapalad na umakyat sa tahanan ng Diyos para bumisita upang suriin kung anong mga bagay ang nasa lugar na kinaroroonan ng Diyos, upang malaman kung ilang libo o milyong henerasyon ang nasa “bahay ng Diyos” o upang siyasatin kung ilang bahagi ang bumubuo sa likas na kabuuan ng Diyos. Ang dapat suriin una sa lahat ay ito: ang edad ng Ama at ng Anak, maging ng Banal na Espiritu; ang kanya-kanyang anyo ng bawat persona; paano talaga nangyari na magkakahiwalay Sila, at paano nangyari na naging isa Sila. Sa kasamaang-palad, sa lahat ng maraming taong ito, wala ni isang taong nakaalam sa katotohanan ng mga bagay na ito. Lahat ng ito ay haka-haka lamang, sapagkat wala pa ni isang taong nakaakyat sa langit para bumisita at bumalik na may dalang “masusing pag-uulat” para sa buong sangkatauhan upang iulat ang katotohanan nito sa lahat ng masigasig at debotong relihiyosong mananampalataya na nag-aalala tungkol sa Trinidad. Siyempre pa, hindi maaaring ibunton ang sisi sa tao sa pagbubuo ng gayong mga kuru-kuro, sapagkat bakit hindi nagpasama ang Amang si Jehova sa Anak na si Jesus nang likhain Niya ang sangkatauhan? Kung nangyari ang lahat, sa simula, sa pangalan ni Jehova, mas maigi sana. Kung kailangan mang manisi, isisi na lamang ito sa panandaliang pagkalimot ng Diyos na si Jehova, na hindi tinawag ang Anak at ang Banal na Espiritu sa Kanyang harapan sa panahon ng paglikha, kundi sa halip ay isinagawang mag-isa ang Kanyang gawain. Kung sabay-sabay Silang lahat na gumawa, hindi ba Sila magiging isa? Kung ang pangalang Jehova lamang ang mayroon, sa simula pa lamang hanggang sa katapusan, at wala ang pangalan ni Jesus mula sa Kapanahunan ng Biyaya, o kung tinawag pa rin Siyang Jehova noon, hindi ba hindi na sana nagdusa ang Diyos sa paghahating ito ng sangkatauhan? Para sigurado, hindi

maisisisi kay Jehova ang lahat ng ito; kung kailangan mang manisi, isisi na lamang ito sa Banal na Espiritu, na sa loob ng libu-libong taon ay nagpatuloy sa Kanyang gawain sa pangalan ni Jehova, ni Jesus, at maging ng Banal na Espiritu, na nakagulo at nakalito sa tao kaya hindi malaman ng tao kung sino talaga ang Diyos. Kung ang Banal na Espiritu Mismo ay nakagawa nang walang anyo o larawan, at bukod pa rian, nang walang pangalan tulad ng Jesus, at hindi Siya mahipo o makita ng tao, kundi naririnig lamang ang mga tunog ng kulog, hindi ba naging mas kapaki-pakinabang sana sa sangkatauhan ang ganitong klaseng gawain? Kaya ano ang magagawa ngayon? Ang mga kuru-kuro ng tao ay natipon nang kasintaas ng bundok at kasinglawak ng dagat, hanggang sa hindi na matiis ng Diyos ng kasalukuyan ang mga iyon at ganap nang naguguluhan. Noong araw na si Jehova, si Jesus, at sa pagitan Nila, ang Banal na Espiritu pa lamang, hindi na alam ng tao kung paano iyon kakayanin, at ngayon ay nadagdag pa ang Makapangyarihan sa lahat, na diumano'y bahagi rin ng Diyos. Sino ang nakakaalam kung sino Siya at sa kaninong persona ng Trinidad Siya nakikihalo o nakatago kung ilan mang taon? Paano ito natitiis ng tao? Ang tatlong-personang Diyos lamang ay sapat na upang habambuhay na ipaliwanag ng tao, ngunit ngayon ay mayroon pang "isang Diyos sa apat na persona." Paano ito maipapaliwanag? Maipapaliwanag mo ba ito? Mga kapatid! Paano ninyo napaniwalaan ang gayong Diyos hanggang sa araw na ito? Saludo Ako sa inyo. Ang tatlong-personang Diyos ay sapat nang tiisin; paano kayo patuloy na nagkakaroon ng gayong di-natitinag na pananampalataya rito sa iisang Diyos sa apat na persona? Hinimok na kayong lumabas, subalit ayaw ninyo. Hindi kapani-paniwala! Ibang klase talaga kayo! Ang isang tao ay talagang maaaring umabot sa paniniwala sa apat na Diyos at balewalain lamang ito; sa palagay ba ninyo hindi ito isang himala? Kung titingnan kayo, walang makakaalam na kaya ninyong gumawa ng gayon kalaking himala! Sinasabi Ko sa inyo, sa totoo lang, na walang tatlong-personang Diyos saanman sa sansinukob na ito. Ang Diyos ay walang Ama at walang Anak, at lalo nang walang konsepto na parehong kinakasangkapan ng Ama at ng Anak ang Banal na Espiritu. Ang lahat ng ito ang pinakamalaking maling paniniwala sa mundong ito at sadyang hindi umiiral! Subalit kahit ang gayong kamalian ay may pinagmulan at hindi lubos na walang batayan, sapagkat ang inyong isipan ay hindi napakapayak, at ang inyong mga ideya ay hindi walang dahilan. Sa halip, medyo angkop at malikhain ang mga iyon, kaya nga hindi kayang pasukin ang mga iyon kahit ng sinumang Satanas. Ang nakakaawa, ang mga ideyang ito ay pawang mga kamalian at talagang hindi umiiral! Ni hindi pa ninyo nakikita man lamang ang tunay na katotohanan; gumagawa lamang kayo ng mga haka-haka at imahinasyon, pagkatapos ay pinagtatagni-tagni lamang ninyong lahat ito sa isang kuwento upang makuha ang tiwala ng iba at makapangibabaw sa mga pinakahangal sa mga tao na walang talino o katwiran, para maniwala sila sa inyong kahanga-hanga at kilalang "mga turo ng eksperto." Katotohanan ba iyan? Ito ba ang daan ng buhay na dapat matanggap ng tao? Kalokohang lahat iyan! Wala ni isang salita ang angkop! Sa loob ng maraming taong ito, pinaghati-hati na ninyo ang Diyos sa

ganitong paraan, paliit nang paliit ang pagkakahati sa bawat henerasyon, hanggang sa ang iisang Diyos ay hayagang mahati-hati sa tatlong Diyos. At ngayon ay talagang imposibleng pag-isahing muli ng tao ang Diyos, sapagkat hinati-hati na ninyo Siya nang pinung-pino! Kung hindi sa mabilis Kong paggawa bago mahuli ang lahat, mahirap sabihin kung gaano katagal kayo magpapatuloy nang walang pakundangan sa ganitong paraan! Sa patuloy ninyong paghahati-hati sa Diyos sa ganitong paraan, paano Siya magiging Diyos pa rin ninyo? Makikilala pa rin ba ninyo ang Diyos? Mahahanap pa rin ba ninyo ang inyong mga pinagmulan? Kung nahuli pa Ako ng dating, malamang na naipadala na ninyo ang “Ama at Anak,” si Jehova at si Jesus, pabalik sa Israel at sinabi na kayo mismo ay bahagi ng Diyos. Mabuti na lamang, mga huling araw na ngayon. Sa wakas, dumating na rin ang araw na pinakahihintay Ko, at pagkatapos lamang isagawa ng sarili Kong kamay ang yugtong ito ng gawain natigil ang paghahati-hati ninyo sa Diyos Mismo. Kung hindi dahil dito, namayagpag na kayo, ipinapatong pa ninyo ang lahat ng Satanas sa inyo sa inyong hapag para sambahin. Pakana ninyo ito! Ito ang paraan ninyo ng paghahati-hati sa Diyos! Patuloy pa ba ninyong gagawin ito ngayon? Tatanungin Ko kayo: Ilan ba ang Diyos? Aling Diyos ang maghahatid sa inyo ng kaligtasan? Ang unang Diyos ba, ang pangalawa, o ang pangatlo na lagi ninyong dinadasalan? Alin ang palagi ninyong pinaniniwalaan? Ang Ama ba? O ang Anak? O ang Espiritu? Sabihin mo sa Akin kung sino ang pinaniniwalaan mo. Bagama’t sa bawat salitang sinasabi ninyo na naniniwala kayo sa Diyos, ang talagang pinaniniwalaan ninyo ay ang sarili ninyong utak! Wala talaga kayong Diyos sa inyong puso! Magkagayunman, nasa isipan ninyo ang ilang gayong mga Trinidad! Hindi ba kayo sumasang-ayon?

Kung ang tatlong yugto ng gawain ay sinusuri alinsunod sa konseptong ito ng Trinidad, kailangan ay may tatlong Diyos dahil ang gawaing isinasagawa ng bawat isa ay hindi magkakapareho. Kung may sinuman sa inyo na nagsasabi na talagang mayroong Trinidad, ipaliwanag ninyo kung ano talaga itong isang Diyos sa tatlong persona. Ano ang Banal na Ama? Ano ang Anak? Ano ang Banal na Espiritu? Si Jehova ba ang Banal na Ama? Si Jesus ba ang Anak? Ano naman ang Banal na Espiritu? Hindi ba ang Ama ay isang Espiritu? Hindi ba ang diwa ng Anak ay isa ring Espiritu? Hindi ba ang gawain ni Jesus ay ang gawain ng Banal na Espiritu? Hindi ba ang gawain ni Jehova sa panahong iyon ay isinagawa ng isang Espiritu na katulad ng kay Jesus? Ilang Espiritu ba ang maaaring taglayin ng Diyos? Ayon sa iyong paliwanag, ang tatlong persona ng Ama, ng Anak, at ng Banal na Espiritu ay iisa; kung gayon, mayroon ngang tatlong Espiritu, ngunit ang ibig sabihin ng magkaroon ng tatlong Espiritu ay mayroong tatlong Diyos. Ibig sabihin, walang kaisa-isang tunay na Diyos; paano pa magkakaroon ng likas na diwa ng Diyos ang ganitong uri ng Diyos? Kung tinatanggap mo na iisa lamang ang Diyos, paano Siya magkakaroon ng isang anak at magiging isang ama? Hindi ba mga kuru-kuro mo lamang ang lahat ng ito? Iisa lamang ang Diyos, iisa lamang ang persona sa Diyos na ito, at iisa lamang ang Espiritu ng Diyos, dahil nakasulat sa Bibliya na “Iisa lamang ang Banal na Espiritu at iisa lamang ang Diyos.” Mayroon mang Ama at Anak

na binabanggit mo, iisa lamang naman pala ang Diyos, at ang diwa ng Ama, ng Anak, at ng Banal na Espiritu na iyong pinaniniwalaan ay ang diwa ng Banal na Espiritu. Sa madaling salita, ang Diyos ay isang Espiritu, ngunit kaya Niyang maging tao at mamuhay sa piling ng mga tao, at mangibabaw rin sa lahat ng bagay. Ang Kanyang Espiritu ay sakop ang lahat at nasa lahat ng dako. Kaya Niyang sabay na nasa katawang-tao at nasa loob at ibabaw ng sansinukob. Dahil sinasabi ng lahat ng tao na ang Diyos lamang ang nag-iisang tunay na Diyos, iisa ang Diyos, na hindi maaaring paghati-hatiin ninuman kung kailan niya gusto! Ang Diyos ay iisang Espiritu lamang, at iisang persona lamang; at iyon ang Espiritu ng Diyos. Kung tama ang sinasabi mong, ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu, hindi ba tatlong Diyos Sila? Ang Banal na Espiritu ay isa, ang Anak ay isa pa, at ang Ama ay isa pa rin. Ang mga persona Nila ay magkakaiba at ang mga diwa Nila ay magkakaiba, kaya paano naging bahagi ng iisang Diyos ang bawat isa sa Kanila? Ang Banal na Espiritu ay isang Espiritu; madali itong maunawaan ng tao. Kung gayon, lalo nang ang Ama ay isang Espiritu. Hindi pa Siya nakababa sa ibabaw ng lupa kailanman at hindi pa naging tao kailanman; Siya ang Diyos na si Jehova sa puso ng tao, at tiyak na Siya ay isa ring Espiritu. Kung gayon ano ang relasyon Niya sa Banal na Espiritu? Iyon ba ang relasyon sa pagitan ng Ama at Anak? O ito ba ang relasyon sa pagitan ng Banal na Espiritu at ng Espiritu ng Ama? Magkapareho ba ang diwa ng bawat Espiritu? O ang Banal na Espiritu ba ay isang kasangkapan ng Ama? Paano ito maipaliliwanag? At ano naman ang relasyon sa pagitan ng Anak at ng Banal na Espiritu? Iyon ba ay relasyon sa pagitan ng dalawang Espiritu o relasyon sa pagitan ng isang tao at ng isang Espiritu? Lahat ng ito ay mga bagay na hindi maaaring ipaliwanag! Kung lahat Sila ay iisang Espiritu, walang magiging usapan tungkol sa tatlong persona, sapagkat nagtataglay Sila ng iisang Espiritu. Kung Sila ay magkakaibang persona, magkakaiba-iba ang lakas ng Kanilang Espiritu, at talagang hindi Sila maaaring maging iisang Espiritu. Ang konseptong ito tungkol sa Ama, Anak, at Banal na Espiritu ay lubhang katawa-tawa! Pinaghihiwa-hiwalay nito ang Diyos at pinaghahati-hati Siya sa tatlong persona, bawat isa ay may isang katayuan at Espiritu; kung gayon ay paano Siya magiging isang Espiritu at isang Diyos pa rin? Sabihin ninyo sa Akin, nilikha ba ng Ama, ng Anak, o ng Banal na Espiritu ang kalangitan at lupa, at lahat ng bagay? Sabi ng ilan, magkakasama raw Nilang nilikha ito. Kung gayon ay sino ang tumubos sa sangkatauhan? Ang Banal na Espiritu ba, ang Anak, o ang Ama? Sabi ng ilan, ang Anak daw ang tumubos sa sangkatauhan. Kung gayon ay sino talaga ang Anak? Hindi ba Siya ang pagkakatawang-tao ng Espiritu ng Diyos? Tinatawag ng pagkakatawang-tao ang Diyos sa langit sa pangalang Ama mula sa pananaw ng isang taong nilikha. Hindi mo ba alam na si Jesus ay isinilang nang Siya ay ipaglihi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu? Sumasa-Kanya ang Banal na Espiritu; anuman ang iyong sabihin, kaisa pa rin Siya ng Diyos sa langit, sapagkat Siya ang pagkakatawang-tao ng Espiritu ng Diyos. Ang ideyang ito tungkol sa Anak ay hindi talaga totoo. Iisang Espiritu ang nagsasagawa ng lahat ng gawain; ang Diyos lamang Mismo, ibig sabihin, isinasagawa ng Espiritu ng

Diyos ang Kanyang gawain. Sino ang Espiritu ng Diyos? Hindi ba ang Banal na Espiritu? Hindi ba ang Banal na Espiritu ang gumagawa kay Jesus? Kung hindi ang Banal na Espiritu ang nagsagawa ng gawain (ibig sabihin, ang Espiritu ng Diyos), maaari bang katawanin ng Diyos Mismo ang Kanyang gawain? Nang tawagin ni Jesus ang Diyos sa langit sa pangalang Ama nang Siya ay manalangin, ginawa lamang ito mula sa pananaw ng isang taong nilikha, dahil lamang sa nakadamit ang Espiritu ng Diyos ng isang ordinaryo at normal na katawan at may panlabas na panakip ng isang nilalang. Kahit nasa loob Niya ang Espiritu ng Diyos, ang Kanyang panlabas na anyo ay sa isang normal na tao pa rin; sa madaling salita, Siya ay naging “Anak ng tao” na binanggit ng lahat ng tao, maging ni Jesus Mismo. Dahil Siya ay tinawag na Anak ng tao, Siya ay isang tao (lalaki man o babae, ano’t anuman ay isang may panlabas na balat ng isang tao) na isinilang sa isang normal na pamilya ng mga ordinaryong tao. Samakatuwid, ang pagtawag ni Jesus sa Diyos sa langit sa pangalang Ama ay katulad ng pagtawag ninyong Ama sa Kanya noong una; ginawa Niya iyon mula sa pananaw ng isang taong nilikha. Naaalala pa ba ninyo ang Panalangin ng Panginoon na itinuro ni Jesus na isaulo ninyo? “Ama namin na nasa langit...” Hiniling Niya sa lahat ng tao na tawagin ang Diyos sa langit sa pangalang Ama. At yamang tinawag Niya rin Siyang Ama, ginawa Niya iyon mula sa pananaw ng isang nasa isang katayuang kapantay ninyong lahat. Yamang tinawag ninyo ang Diyos sa langit sa pangalang Ama, nakita ni Jesus ang Kanyang Sarili na kapantay ninyo, at bilang isang tao sa lupa na hinirang ng Diyos (ibig sabihin, ang Anak ng Diyos). Kung tinatawag ninyong “Ama” ang Diyos, hindi ba dahil kayo ay isang nilalang? Gaano man kadakila ang awtoridad ni Jesus sa lupa, bago Siya ipinako sa krus, isa lamang Siyang Anak ng tao, na pinamamahalaan ng Banal na Espiritu (ibig sabihin, ng Diyos), at isa sa mga nilalang sa lupa, sapagkat hindi pa Niya natatapos ang Kanyang gawain. Samakatuwid, ang pagtawag Niya sa Diyos sa langit na Ama ay dahil lamang sa Kanyang pagpapakumbaba at pagsunod. Gayunman, ang Kanyang pagtawag sa Diyos (ibig sabihin, ang Espiritu sa langit) sa gayong paraan ay hindi nagpapatunay na Siya ang Anak ng Espiritu ng Diyos sa langit. Sa halip, iba lamang talaga ang Kanyang pananaw, hindi dahil iba Siyang persona. Ang pag-iral ng magkakaibang mga persona ay isang kamalian! Bago Siya ipinako sa krus, si Jesus ay isang Anak ng tao na nakatali sa mga limitasyon ng katawang-tao, at hindi Niya lubos na taglay ang awtoridad ng Espiritu. Kaya nga maaari lamang Niyang hangarin ang kalooban ng Diyos Ama mula sa pananaw ng isang nilalang. Katulad iyon ng tatlong beses Niyang ipinanalangin sa Getsemani: “Huwag ang ayon sa ibig Ko, kundi ang ayon sa ibig Mo.” Bago Siya inilagay sa krus, isa lamang Siyang Hari ng mga Hudyo; Siya si Cristo, ang Anak ng tao, at hindi isang niluwalhating katawan. Kaya nga, mula sa pananaw ng isang nilalang, tinawag Niyang Ama ang Diyos. Ngayon, hindi mo masasabi na lahat ng tumatawag sa Diyos na Ama ay ang Anak. Kung nagkagayon, hindi ba lahat kayo ay magiging ang Anak nang ituro sa inyo ni Jesus ang Panalangin ng Panginoon? Kung hindi pa rin kayo kumbinsido, sabihin ninyo sa Akin, sino ang tinatawag ninyong Ama?

Kung ang tinutukoy ninyo ay si Jesus, sino naman ang Ama ni Jesus para sa inyo? Nang lumisan si Jesus, ang ideyang ito ng Ama at ng Anak ay nawala na. Ang ideyang ito ay angkop lamang sa mga taon nang si Jesus ay naging tao; sa ilalim ng lahat ng iba pang sitwasyon, ang relasyon ay sa pagitan ng Panginoon ng paglikha at ng isang nilalang kapag tinawag ninyong Ama ang Diyos. Walang pagkakataon na makakapanindigan ang ideyang ito tungkol sa Trinidad ng Ama, Anak, at Banal na Espiritu; ito ay isang kamalian na bihirang makita sa paglipas ng mga kapanahunan at hindi umiiral!

Maaaring ipaalala nito sa halos lahat ng tao ang mga salita ng Diyos mula sa Genesis: “Lalangin Natin ang tao sa Ating larawan, ayon sa Ating wangis” (Genesis 1:26). Dahil sinabi ng Diyos na “lalangin Natin ang tao sa Ating larawan,” ang “Natin” ay nagpapahiwatig ng dalawa o mahigit pa; dahil sinabi Niyang “Natin,” hindi lamang pala iisa ang Diyos. Sa ganitong paraan, nagsimulang mag-isip ang tao sa mahirap unawaing magkakaibang persona, at mula sa mga salitang ito ay lumitaw ang ideya tungkol sa Ama, Anak, at Banal na Espiritu. Ano kung gayon ang hitsura ng Ama? Ano ang hitsura ng Anak? At ano ang hitsura ng Banal na Espiritu? Posible kaya na ang sangkatauhan ng ngayon ay ginawa sa larawan ng isa na pinagsama-sama mula sa tatlo? Kung gayon ang larawan ba ng tao ay kagaya ng Ama, ng Anak, o ng Banal na Espiritu? Alin sa mga persona ng Diyos ang kamukha ng tao? Mali talaga at walang katuturan ang ideyang ito ng tao! Mahahati lamang nito ang iisang Diyos sa maraming Diyos. Nang isulat ni Moises ang Genesis, iyon ay matapos likhain ang sangkatauhan kasunod ng paglikha sa mundo. Sa pinakasimula, nang magsimula ang mundo, wala pa si Moises. At napakatagal pa bago isinulat ni Moises ang Bibliya, kaya paano niya posibleng nalaman kung ano ang sinabi ng Diyos sa langit? Wala siyang ideya kung paano nilikha ng Diyos ang mundo. Sa Lumang Tipan ng Bibliya, hindi binanggit ang Ama, Anak, at Banal na Espiritu, kundi kaisa-isang tunay na Diyos lamang, si Jehova, na nagsasagawa ng Kanyang gawain sa Israel. Siya ay tinatawag sa iba’t ibang pangalan kapag nagbabago ang mga kapanahunan, ngunit hindi nito mapapatunayan na bawat pangalan ay tumutukoy sa ibang persona. Kung gayon, hindi ba magkakaroon ng napakaraming persona ng Diyos? Ang nakasulat sa Lumang Tipan ay ang gawain ni Jehova, isang yugto ng gawain ng Diyos Mismo para sa pagsisimula ng Kapanahunan ng Kautusan. Ito ang gawain ng Diyos, kung saan ayon sa Kanyang sinabi, iyon ang nangyari, at ayon sa Kanyang iniutos, iyon ang nasunod. Hindi sinabi ni Jehova kailanman na Siya ang Ama na pumaparito upang isagawa ang gawain, ni hindi Niya ipinropesiya kailanman ang pagparito ng Anak upang tubusin ang sangkatauhan. Pagsapit ng panahon ni Jesus, sinabi lamang na ang Diyos ay naging tao upang tubusin ang buong sangkatauhan, hindi sinabi na ang Anak ang naparito. Dahil hindi magkakatulad ang mga kapanahunan at iba-iba rin ang gawain ng Diyos Mismo, kailangan Niyang isagawa ang Kanyang gawain sa loob ng iba’t ibang dako. Sa ganitong paraan, iba rin ang identidad na Kanyang kinakatawan. Naniniwala ang tao na si Jehova ang Ama ni Jesus, ngunit hindi ito talaga kinilala ni Jesus, na nagsabing: “Hindi kami kailanman kinilala bilang Ama at Anak; Ako at ang Ama sa langit ay iisa. Ang Ama ay

nasa Akin at Ako ay nasa Ama; kapag nakikita ng tao ang Anak, nakikita nila ang Ama sa langit.” Kapag nasabi na ang lahat, ang Ama man o ang Anak, Sila ay iisang Espiritu, hindi nahahati sa magkahiwalay na mga persona. Kapag nagtatangkang magpaliwanag ang tao, nagiging kumplikado ang mga bagay-bagay sa ideya ng magkakaibang mga persona, gayundin ang relasyon sa pagitan ng Ama, Anak, at Espiritu. Kapag binabanggit ng tao ang magkakahiwalay na mga persona, hindi ba nito ginagawang totoo ang Diyos? Binibigyan pa ng ranggo ng tao ang mga persona bilang una, pangalawa, at pangatlo; lahat ng ito ay mga imahinasyon lamang ng tao, hindi karapat-dapat na sanggunian, at lubos na hindi makatotohanan! Kung tatanungin mo siya: “Ilan ba ang Diyos?” sasabihin niya na ang Diyos ay ang Trinidad ng Ama, ng Anak, at ng Banal na Espiritu: ang iisang tunay na Diyos. Kung itatanong mo pa: “Sino ang Ama?” sasabihin niya: “Ang Ama ang Espiritu ng Diyos sa langit; Siya ang namamahala sa lahat, at Siya ang Panginoon ng langit.” “Kung gayon, Espiritu ba si Jehova?” Sasabihin niya: “Oo!” Kung tinanong mo pa siya pagkatapos, “Sino ang Anak?” sasabihin niyang si Jesus ang Anak, siyempre pa. “Kung gayon ano ang kuwento tungkol kay Jesus? Saan Siya nanggaling?” Sasabihin niya: “Si Jesus ay ipinaglihi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at isinilang kay Maria.” Kung gayon ang diwa ba Niya ay Espiritu rin? Hindi ba ang Kanyang gawain ay kumakatawan din sa Banal na Espiritu? Si Jehova ang Espiritu, at gayundin ang diwa ni Jesus. Ngayon sa mga huling araw, nabawasan na ang pangangailangang sabihin na ito pa rin ang Espiritu; paano Sila magiging magkaibang persona? Hindi ba Espiritu lamang ng Diyos ito na nagsasagawa ng gawain ng Espiritu mula sa magkakaibang pananaw? Sa gayon, walang pagkakaiba sa pagitan ng mga persona. Si Jesus ay ipinaglihi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, at walang alinlangan, ang Kanyang gawain ay yaon mismong sa Banal na Espiritu. Sa unang yugto ng gawaing isinagawa ni Jehova, hindi Siya naging tao ni nagpakita sa tao. Kaya hindi kailanman nakita ng tao ang Kanyang anyo. Gaano man Siya kadakila at katangkad, Siya pa rin ang Espiritu, ang Diyos Mismo na lumikha sa tao noong simula. Ibig sabihin, Siya ang Espiritu ng Diyos. Nangusap Siya sa tao mula sa mga ulap, isa lamang Espiritu, at walang sinumang nakasaksi sa Kanyang anyo. Sa Kapanahunan ng Biyaya lamang nang pumasok sa katawang-tao ang Espiritu ng Diyos at nagkatawang-tao sa Judea saka nakita ng tao sa unang pagkakataon ang larawan ng pagkakatawang-tao bilang isang Hudyo. Walang anuman kay Jehova ang nasa Kanya. Gayunman, Siya ay ipinaglihi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ibig sabihin, ipinaglihi sa pamamagitan ng Espiritu ni Jehova Mismo, at si Jesus ay isinilang pa rin bilang katawan ng Espiritu ng Diyos. Ang unang nakita ng tao ay ang Banal na Espiritu na bumababang parang isang kalapati kay Jesus; hindi ito ang Espiritung tanging para kay Jesus, kundi sa halip ay ang Banal na Espiritu. Kung gayon maihihiwalay ba ang Espiritu ni Jesus mula sa Banal na Espiritu? Kung si Jesus ay si Jesus, ang Anak, at ang Banal na Espiritu ay ang Banal na Espiritu, paano Sila maaaring maging isa? Ang gawain ay hindi maisasagawa kung gayon. Ang Espiritu sa loob ni Jesus, ang Espiritu sa langit, at ang Espiritu ni Jehova ay iisa lahat. Tinatawag itong Banal na Espiritu, ang

Espiritu ng Diyos, ang Espiritung pinatindi nang makapitong beses, at ang Espiritung sumasalihat. Maisasagawa ng Espiritu ng Diyos ang maraming gawain. Nagagawa Niyang likhain ang mundo at wasakin ito sa pagpapabaha sa lupa; kaya Niyang tubusin ang buong sangkatauhan, at bukod pa rian, kaya Niyang lupigin at lipulin ang buong sangkatauhan. Ang gawaing ito ay isinasagawang lahat ng Diyos Mismo at hindi magagawa ng alinman sa mga persona ng Diyos para sa Kanya. Ang Kanyang Espiritu ay maaaring tawagin sa pangalang Jehova at Jesus, at maaari ring tawaging Makapangyarihan sa lahat. Siya ang Panginoon, at Cristo. Maaari rin Siyang maging Anak ng tao. Siya ay nasa kalangitan at nasa lupa rin; Siya ay nasa kaitaasan sa ibabaw ng mga sansinukob at nasa piling ng maraming tao. Siya ang tanging Panginoon ng kalangitan at ng lupa! Mula sa panahon ng paglikha hanggang ngayon, ang gawaing ito ay naisagawa na ng Espiritu ng Diyos Mismo. Gawain man ito sa kalangitan o sa katawang-tao, lahat ay isinasagawa ng Kanyang sariling Espiritu. Lahat ng nilalang, sa langit man o sa lupa, ay nasa palad ng Kanyang makapangyarihang kamay; lahat ng ito ay ang gawain ng Diyos Mismo at hindi magagawa ng sinuman para sa Kanya. Sa kalangitan, Siya ang Espiritu ngunit ang Diyos din Mismo; sa piling ng mga tao, Siya ay katawang-tao ngunit nananatiling Diyos Mismo. Bagama't maaari Siyang tawagin sa libu-libong pangalan, Siya pa rin iyon Mismo, ang tuwirang pagpapahayag ng Kanyang Espiritu. Ang pagtubos sa buong sangkatauhan sa pamamagitan ng pagpapako sa Kanya sa krus ay tuwirang gawain ng Kanyang Espiritu, at gayundin ang pagpapahayag sa lahat ng bansa at lahat ng lupain sa mga huling araw. Sa lahat ng oras, matatawag lamang ang Diyos na ang makapangyarihan sa lahat at nag-iisang tunay na Diyos, ang Diyos Mismo na sumasalihat. Walang magkakaibang persona, lalo nang wala itong ideya ng Ama, ng Anak, at ng Banal na Espiritu. Iisa lamang ang Diyos sa langit at sa lupa!

Ang plano ng pamamahala ng Diyos ay sumasaklaw sa anim na libong taon at nahahati sa tatlong kapanahunan batay sa mga pagkakaiba sa Kanyang gawain: Ang unang kapanahunan ay ang Kapanahunan ng Kautusan ng Lumang Tipan; ang ikalawa ay ang Kapanahunan ng Biyaya; at ang ikatlo ay yaong sa mga huling araw—ang Kapanahunan ng Kaharian. Bawat kapanahunan ay kumakatawan sa naiibang identidad. Ito ay dahil lamang sa pagkakaiba sa gawain, ibig sabihin, sa mga kinakailangan ng gawain. Ang unang yugto ng gawain noong Kapanahunan ng Kautusan ay isinagawa sa Israel, at ang ikalawang yugto ng pagtatapos ng gawain ng pagtubos ay isinagawa sa Judea. Para sa gawain ng pagtubos, ipinaglihi si Jesus sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at isinilang bilang bugtong na Anak. Lahat ng ito ay dahil sa mga kinakailangan ng gawain. Sa mga huling araw, nais ng Diyos na palawakin ang Kanyang gawain tungo sa mga bansang Hentil at lupigin ang mga tao roon, upang maging dakila ang Kanyang pangalan sa kanila. Nais Niyang gabayan ang tao sa pag-unawa at pagpasok sa lahat ng katotohanan. Lahat ng gawaing ito ay isinasagawa ng iisang Espiritu. Bagama't maaari Niyang gawin iyon mula sa magkakaibang pananaw, ang likas na katangian at mga prinsipyo ng gawain ay nananatiling pareho. Kapag naobserbahan mo ang mga

prinsipyo at likas na katangian ng gawaing Kanilang naisagawa, malalaman mo na lahat ay ginawa ng iisang Espiritu. Maaari pa ring sabihin ng ilan: “Ang Ama ang Ama; ang Anak ang Anak; ang Banal na Espiritu ang Banal na Espiritu, at sa huli, pag-iisahin Sila.” Kung gayon paano mo Sila dapat pag-isahin? Paano mapag-iisa ang Ama at ang Banal na Espiritu? Kung Sila ay likas nang dalawa, paano man Sila pagsamahin, hindi ba Sila mananatiling dalawang bahagi? Kapag tinatalakay mo ang pag-iisa sa Kanila, hindi ba pagsasama lamang iyan ng dalawang magkahiwalay na bahagi para makabuo ng isa? Ngunit hindi ba dalawang bahagi Sila dati na ginagawang buo? Bawat espiritu ay may naiibang diwa, at ang dalawang espiritu ay hindi magagawang iisa. Ang isang espiritu ay hindi isang materyal na bagay at hindi katulad ng anupamang iba sa materyal na mundo. Sa paningin ng tao, ang Ama ay isang Espiritu, ang Anak ay isa pa, at ang Banal na Espiritu ay isa pa rin, kung gayon ay naghahalo ang tatlong Espiritu na parang tatlong baso ng tubig sa isang buo. Hindi ba iyan ang tatlo na pinag-isa? Ganap na mali at katawa-tawa ang paliwanag na iyan! Hindi ba nito pinaghahati-hati ang Diyos? Paano mapag-iisang lahat ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu? Hindi ba sila tatlong bahagi na bawat isa ay magkakaiba ang likas na katangian? May mga iba na nagsasabi na, “Hindi ba malinaw na sinabi ng Diyos na si Jesus ay ang Kanyang sinisintang Anak?” Si Jesus ang sinisintang Anak ng Diyos, na lubos Niyang kinalulugdan—tiyak na sinambit ito ng Diyos Mismo. Iyon ang Diyos na nagpapatotoo sa Kanyang Sarili, ngunit mula lamang sa ibang pananaw, yaong sa Espiritu sa langit na nagpapatotoo sa Kanyang sariling pagkakatawang-tao. Si Jesus ang Kanyang pagkakatawang-tao, hindi ang Kanyang Anak sa langit. Nauunawaan mo ba? Hindi ba ang mga salita ni Jesus na, “Ako’y nasa Ama, at ang Ama ay nasa Akin,” ay nagpapahiwatig na Sila ay iisang Espiritu? At hindi ba dahil sa pagkakatawang-tao kaya Sila nagkahiwalay sa pagitan ng langit at lupa? Ang totoo, Sila ay iisa pa rin; kahit ano pa, ito ay ang Diyos lamang na nagpapatotoo sa Kanyang Sarili. Dahil sa pagbabago sa mga kapanahunan, sa mga kinakailangan ng gawain, at sa magkakaibang yugto ng Kanyang plano ng pamamahala, ang pangalang itinatawag sa Kanya ng tao ay nag-iiba rin. Nang Siya ay pumarito upang isagawa ang unang yugto ng gawain, maaari lamang Siyang tawaging Jehova, na Siyang pastol ng mga Israelita. Sa ikalawang yugto, ang Diyos na nagkatawang-tao ay maaari lamang tawaging Panginoon, at Cristo. Ngunit noon, sinabi lamang ng Espiritu sa langit na Siya ang sinisintang Anak ng Diyos at hindi binanggit ang Kanyang pagiging bugtong na Anak ng Diyos. Hindi ito talaga nangyari. Paano magkakaroon ng kaisa-isang anak ang Diyos? Kung gayon ay hindi ba naging tao ang Diyos? Dahil Siya ang pagkakatawang-tao, tinawag Siyang sinisintang Anak ng Diyos, at, dito nagmula ang relasyon sa pagitan ng Ama at Anak. Dahil lamang iyon sa pagkahiwalay sa pagitan ng langit at lupa. Nanalangin si Jesus mula sa pananaw ng katawang-tao. Yamang nakabihis Siya ng isang katawang-tao ng gayong normal na pagkatao, sinabi Niya mula sa pananaw ng katawang-tao: “Ang Aking balat ay yaong sa isang nilalang. Yamang nakabihis Ako ng katawang-tao upang makaparito sa lupa, napakalayo Ko ngayon mula

sa langit.” Dahil dito, maaari lamang Siyang manalangin sa Diyos Ama mula sa pananaw ng katawang-tao. Ito ang Kanyang tungkulin, at ito yaong dapat ipagkaloob sa Espiritu ng Diyos na nagkatawang-tao. Hindi masasabi na hindi Siya Diyos dahil lamang sa nanalangin Siya sa Ama mula sa pananaw ng katawang-tao. Bagama’t tinawag Siyang sinisintang Anak ng Diyos, Diyos pa rin Siya Mismo, sapagkat Siya ay pagkakatawang-tao lamang ng Espiritu, at ang Kanyang diwa ay Espiritu pa rin. Nagtataka ang mga tao kung bakit Siya nanalangin kung Siya ang Diyos Mismo. Ito ay dahil Siya ang Diyos na nagkatawang-tao, Diyos na nabubuhay sa loob ng katawang-tao, at hindi ang Espiritu sa langit. Sa paningin ng tao, ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu ay Diyos lahat. Ang tatlo lamang na pinag-isang lahat ang maaaring ituring na kaisa-isang tunay na Diyos, at, sa ganitong paraan, ang Kanyang kapangyarihan ay napakadakila. May mga nagsasabi na sa ganitong paraan lamang Siya naging Espiritu na pinatindi nang makapitong beses. Nang manalangin ang Anak matapos Siyang pumarito, sa Espiritung iyon Siya nanalangin. Ang totoo, nanalangin Siya noon mula sa pananaw ng isang nilalang. Sapagkat ang katawang-tao ay hindi buo, hindi Siya buo at marami Siyang kahinaan nang pumasok Siya sa katawang-tao, at naligalig Siyang masyado nang isagawa Niya ang Kanyang gawain sa katawang-tao. Kaya nga tatlong beses Siya nanalangin sa Diyos Ama bago Siya ipinako sa krus, at maraming beses din bago pa nangyari iyon. Nanalangin Siya na kasama ng Kanyang mga disipulo; nanalangin Siyang mag-isa sa ibabaw ng bundok; nanalangin Siya sakay ng bangkang-pangisda; nanalangin Siya na kasama ang napakaraming tao; nanalangin Siya kapag nagpuputol-putol ng tinapay; at nanalangin Siya habang binabasbasan ang iba. Bakit Niya ginawa iyon? Sa Espiritu Siya nanalangin; nanalangin Siya sa Espiritu, sa Diyos sa langit, mula sa pananaw ng katawang-tao. Samakatuwid, mula sa pananaw ng tao, si Jesus ay naging Anak sa yugtong iyon ng gawain. Sa yugtong ito, gayunman, hindi Siya nanalangin. Bakit ganito? Dahil ang pinasisimulan Niya ay ang gawain ng salita, at ang paghatol at pagkastigo ng salita. Hindi Niya kailangan ang mga panalangin at ang Kanyang ministeryo ay ang magsalita. Hindi Siya ipinako sa krus, at hindi Siya ipinasa ng tao sa mga may kapangyarihan. Isinasagawa lamang Niya ang Kanyang gawain. Sa panahong iyon nang manalangin si Jesus, nanalangin Siya sa Diyos Ama para sa pagbaba ng kaharian ng langit, para mangyari ang kalooban ng Ama, at para magsimula na ang gawain. Sa yugtong ito, nakababa na ang kaharian ng langit, kaya kailangan pa rin ba Siyang manalangin? Ang Kanyang gawain ay wakasan ang kapanahunan, at wala nang mga bagong kapanahunan, kaya kailangan pa bang manalangin para sa susunod na yugto? Sa tingin Ko ay hindi na!

Maraming magkakasalungat sa mga paliwanag ng tao. Tunay nga, lahat ng ito ay mga kuru-kuro ng tao; walang masusing pagsisiyasat, maniniwala kayong lahat na tama ang mga iyon. Hindi ba ninyo alam na ang mga ideya gaya ng tatlo-sa-isang Diyos ay mga kuru-kuro lamang ng tao? Walang kaalaman ang tao na lubos at masusi. Palaging may mga karumihan, at napakaraming ideya ng tao; ipinamamalas nito na hindi talaga

maipaliwanag ng isang nilalang ang gawain ng Diyos. Napakaraming iniisip ng tao, lahat ay nagmumula sa lohika at pag-iisip, na salungat sa katotohanan. Lubos bang masusuri ng iyong lohika ang gawain ng Diyos? Makakatamo ka ba ng kabatiran sa lahat ng gawain ni Jehova? Ikaw ba bilang tao ang nakakakita sa lahat ng ito, o ang Diyos Mismo ang nakakakita mula sa kawalang-hanggan hanggang sa kawalang-hanggan? Ikaw ba ang nakakakita mula sa kawalang-hanggan noong araw hanggang sa kawalang-hanggan darating, o ang Diyos lamang ang makakagawa nito? Ano ang masasabi mo? Gaano ka kamarapat upang ipaliwanag ang Diyos? Ano ang batayan ng iyong paliwanag? Diyos ka ba? Ang kalangitan at lupa, at lahat ng bagay ay nilikha ng Diyos Mismo. Hindi ikaw ang gumawa nito, kaya bakit ka nagbibigay ng mga maling paliwanag? Ngayon, patuloy ka bang maniniwala sa tatlong-personang Diyos? Hindi mo ba naiisip na napakabigat nito sa ganitong paraan? Higit na makabubuting maniwala ka sa iisang Diyos, hindi sa tatlo. Higit na makabubuti ang maging magaan, sapagkat ang pasanin ng Panginoon ay magaan.

Pagsasagawa 3

Kailangang magkaroon kayo ng kakayahang mabuhay nang mag-isa, makakain at makainom ng mga salita ng Diyos nang mag-isa, maranasan ang mga salita ng Diyos nang mag-isa, at mamuhay ng isang normal na espirituwal na buhay nang hindi pinamumunuan ng iba. Kailangang magawa ninyong umasa sa mga salitang ipinapahayag ng Diyos ngayon para mabuhay, makapasok sa tunay na karanasan, at magtamo ng tunay na mga kabatiran. Sa paggawa lamang nito kayo makapaninindigan. Ngayon, maraming taong hindi lubos na nauunawaan ang mga kapighatian at pagsubok sa hinaharap. Sa hinaharap, daranas ang ilang tao ng mga kapighatian, at daranas ang ilan ng kaparusahan. Ang kaparusahang ito ay magiging mas matindi; ito ang magiging pagdating ng mga katunayan. Ngayon, lahat ng iyong nararanasan, isinasagawa, at ipinapakita ay naglalalatag ng pundasyon para sa mga pagsubok sa hinaharap, at kahit paano, kailangang magawa mong mabuhay nang mag-isa. Ngayon, ang karaniwang sitwasyon tungkol sa marami sa iglesia ay ang mga sumusunod: Kung may mga lider at manggagawang gagawa ng gawain, masaya sila, at kung wala, hindi sila masaya. Hindi nila pinapansin ang gawain ng iglesia, ni ang sarili nilang espirituwal na buhay, at wala sila ni katiting na pasanin—sumusulong sila nang walang layunin kagaya ng ibong Hanhao.^a Sa totoo lang, ang gawaing Aking nagawa sa maraming tao ay gawain lamang ng paglupig, sapagkat marami sa panimula ang hindi karapat-dapat na gawing perpekto. Maliit na

^a Ang kuwento ng ibong Hanhao ay kaparehong-kapareho ng pabula ni Aesop tungkol sa langgam at tipaklong. Mas gustong matulog ng ibong Hanhao sa halip na gumawa ng isang pugad habang mainit ang panahon, sa kabila ng paulit-ulit na mga babala mula sa kanyang kapitbahay, na isang magpie. Nang sumapit ang taglamig, nanigas ang ibon hanggang sa mamatay.

bahagi lamang ng mga tao ang maaaring gawing perpekto. Kung, matapos marinig ang mga salitang ito, iniisip mo na “dahil ang gawaing ginagawa ng Diyos ay para lamang lupigin ang mga tao, susunod lamang Ako nang walang interes,” paano magiging katanggap-tanggap ang gayong saloobin? Kung talagang mayroon kang konsiyensya, kailangan kang magkaroon ng pasanin, at makadama ng responsibilidad. Kailangan mong sabihing: “Lulupigin man ako o gagawing perpekto, kailangan kong pasanin nang maayos ang hakbang na ito ng patotoo.” Bilang isang nilikha ng Diyos, maaaring ganap na malupig ng Diyos ang isang tao, at sa huli, nagagawa niyang mapalugod ang Diyos, na tinutumbasan ang pagmamahal ng Diyos ng isang pusong nagmamahal sa Diyos at sa ganap na paglalaan ng sarili sa Diyos. Ito ang responsibilidad ng tao, ito ang tungkuling dapat gampanan ng tao, at ang pasaning dapat dalhin ng tao, at kailangang matapos ng tao ang atas na ito. Saka lamang siya tunay na naniniwala sa Diyos. Ngayon, katuparan ba ng iyong responsibilidad ang ginagawa mo sa iglesia? Depende ito sa kung ikaw ay may pasanin, at depende ito sa sarili mong kaalaman. Sa pagdanas sa gawaing ito, kung ang tao ay nalupig at may tunay na kaalaman, makakaya niyang sumunod anuman ang kanyang sariling mga inaasam o kapalaran. Sa ganitong paraan, ang dakilang gawain ng Diyos ay magkakatotoo sa kabuuan nito, sapagkat kayong mga tao ay walang kakayahang higit pa rito, at hindi ninyo kayang tumupad ng anumang mas malalaking kahilingan. Subalit sa hinaharap, ang ilang tao ay gagawing perpekto. Ang kanilang kakayahan ay huhusay, sa kanilang espiritu ay magkakaroon sila ng mas malalim na kaalaman, at ang kanilang buhay ay lalago.... Subalit ganap na walang kakayahan ang ilan na makamit ito, kaya nga hindi maliligtas. May dahilan kaya Ko sinasabi na hindi sila maliligtas. Sa hinaharap, ang ilan ay lulupigin, ang ilan ay aalisin, ang ilan ay gagawing perpekto, at ang ilan ay kakasangkapanin—kaya nga ang ilan ay daranas ng mga kapighatian, ang ilan ay daranas ng kaparusahan (kapwa mga kalamidad na dulot ng kalikasan at mga kasawiang gawa ng tao), ang ilan ay aalisin, at ang ilan ay makaliligtas. Dito, bawat isa ay ibubukod ayon sa uri, na bawat grupo ay kumakatawan sa isang uri ng tao. Hindi lahat ng tao ay aalisin, ni hindi lahat ng tao ay gagawing perpekto. Ito ay dahil ang kakayahan ng mga Tsino ay napakahina, at iilan lamang sa kanila ang may uri ng kamalayan sa sarili na tinaglay ni Pablo. Sa inyo, iilan ang may determinasyong tulad ni Pedro na mahalín ang Diyos, o tulad ng uri ng pananampalataya ni Job. Halos walang sinuman sa inyo ang natatakot at naglilingkod kay Jehova na tulad ng ginawa ni David, na may parehong antas ng katapatan. Kaawa-awa kayo!

Ngayon, ang usapang magawang perpekto ay isang aspeto lamang. Anuman ang mangyari, kailangang pasanin ninyo nang maayos ang hakbang na ito ng patotoo. Kung hinilingan kayong maglingkod sa Diyos sa templo, paano ninyo ito gagawin? Kung hindi ka isang saserdote, at wala ka sa katayuan ng mga panganay na anak o ng mga anak ng Diyos, makakaya mo pa rin bang maging matapat? Makakaya mo pa rin bang gugulin ang lahat ng iyong pagsisikap sa gawain ng pagpapalawak ng kaharian? Makakaya mo

pa rin bang gawin nang maayos ang gawain ng atas ng Diyos? Gaano man ang naiunlad ng iyong buhay, lubos na makukumbinsi ng gawain sa ngayon ang iyong kalooban, at magagawa kang isantabi ang lahat ng iyong haka-haka. Taglay mo man o hindi ang kinakailangan para magtagumpay sa buhay, lubos kang makukumbinsi ng gawain ng Diyos. Sinasabi ng ilang tao: “Naniniwala lang ako sa Diyos, at hindi ko nauunawaan ang ibig sabihin ng magtagumpay sa buhay.” At sinasabi ng ilan: “Litung-lito ako sa aking paniniwala sa Diyos. Alam ko na hindi ako maaaring gawing perpekto, kaya nga handa akong makastigo.” Kahit ang mga taong kagaya nito, na handang makastigo o lipulin, ay kailangan ding kilalanin na ang gawain sa ngayon ay isinasagawa ng Diyos. Sinasabi rin ng ilang tao: “Hindi ko hinihiling na magawang perpekto, ngunit, ngayon, handa akong tanggapin ang lahat ng pagsasanay ng Diyos, at handa akong isabuhay ang normal na pagkatao, paghusayin ang aking kakayahan, at sundin ang lahat ng pagsasaayos ng Diyos....” Dito, nalupig din sila at nagpatotoo, na nagpapatunay na may kaunting kaalaman tungkol sa gawain ng Diyos sa kalooban ng mga taong ito. Ang yugtong ito ng gawain ay naisagawa nang napakabilis, at sa hinaharap, isasagawa ito nang mas mabilis sa ibang bansa. Sa ngayon, halos hindi makapaghintay ang mga tao sa ibang bansa, nagmamadali silang lahat papuntang Tsina—kaya nga kung hindi kayo magagawang ganap, paghihintayin ninyo ang mga tao sa ibang bansa. Sa oras na iyon, gaano man kahusay kayo nakapasok o anuman ang inyong pagkatao, pagdating ng panahon ay magwawakas at makukumpleto ang Aking gawain. Hindi ninyo maaantala ang Aking gawain. Ginagawa Ko ang gawain ng buong sangkatauhan, at hindi Ko kailangang gumugol pa ng mas mahabang panahon sa inyo! Walang-wala kayong interes, walang-wala kayong kamalayan sa sarili! Hindi kayo karapat-dapat na gawing perpekto—halos wala kayong anumang potensyal! Sa hinaharap, kahit magpatuloy ang mga tao sa pagiging lubhang pabaya at walang-ingat, at manatiling walang kakayahan na paghusayin ang kanilang kakayahan, hindi nito mahahadlangan ang gawain ng buong sansinukob. Pagdating ng panahon na dapat matapos ang gawain ng Diyos, matatapos ito, at pagdating ng panahon na dapat alisin ang mga tao, aalisin sila. Mangyari pa, ang mga dapat gawing perpekto, at karapat-dapat na gawing perpekto, ay gagawin ding perpekto—ngunit kung wala talaga kayong pag-asa, hindi maghihintay sa inyo ang gawain ng Diyos! Sa huli, kung ikaw ay nalupig, maaari din itong ituring na pagpapatotoo. May mga limitasyon ang hinihingi ng Diyos sa inyo; ano man ang taas ng tayog na kayang makamit ng tao, gayon din ang taas ng patotoong hinihingi sa kanya. Hindi iyon katulad ng iniisip ng tao na mararating ng gayong patotoo ang pinakamataas na mga limitasyon at na aalingawngaw ito—walang paraan para sa mga Tsino na matamo ito. Nakipag-ugnayan Ako sa inyo sa buong panahong ito, at nakita ninyo mismo ito: sinabi Ko na sa inyo na huwag lumaban, huwag maging suwail, huwag gumawa ng mga bagay na nakakaantala o nakakagambala habang nakatalikod Ako. Tuwiran Ko nang pinuna nang maraming beses ang mga tao tungkol dito, ngunit kahit iyon ay hindi sapat—pagtalikod nila, nagbabago sila, habang ang ilan ay lihim na lumalaban, nang walang anumang

pag-aalinlangan. Palagay mo ba wala Akong alam tungkol dito? Palagay mo ba makakapanggulo ka sa Akin at walang kahihinatnan iyon? Palagay mo ba hindi Ko alam kapag tinatangka mong sirain ang Aking gawain habang nakatalikod Ako? Palagay mo ba ang mga hamak na panlalansi mo ay maaaring humalili sa iyong pagkatao? Palagi kang parang masunurin ngunit palihim kang nanlilinlang, nagtatago ka ng masasamang saloobin sa puso mo, at maging ang kamatayan ay hindi sapat na kaparusahan para sa mga taong kagaya mo! Palagay mo ba mapapalitan mo ng ilang maliit na gawain ng Banal na Espiritu sa iyo ang iyong pagpipitagan sa Akin? Palagay mo ba nagtamo ka ng kaliwanagan sa pamamagitan ng pagtawag sa Langit? Wala kang kahihyan! Napakawalang-halaga mo! Palagay mo ba nakararating sa Langit ang iyong “magagandang gawa,” at na, kapalit nito ay itinangi at pinagkalooban ka Niya ng kaunting talento, na ginagawa kang magaling magsalita, tinutulutan kang linlangin ang iba, at linlangin Ako? Walang-wala ka sa katwiran! Alam mo ba kung saan nanggagaling ang iyong kaliwanagan? Hindi mo ba alam kung kaninong pagkain ang iyong kinain habang lumalaki ka? Wala kang konsiyensya! Ni hindi pa nagbabago ang ilan sa inyo pagkaraan ng apat o limang taon ng pagwawasto, at malinaw sa inyo ang mga bagay na ito. Dapat maging malinaw sa inyo ang inyong likas na pagkatao, at huwag kayong tumutol kapag, isang araw, kayo ay talikdan. Ang ilan, na nanlilinlang kapwa sa mga nasa itaas at sa ibaba nila sa kanilang paglilingkod, ay iwinasto na nang maraming beses; ang ilan, dahil gahaman sila sa salapi, ay iwinasto na rin nang husto; ang ilan, dahil hindi sila nagpanatili ng malilinaw na hangganan sa pagitan ng mga lalaki at mga babae, ay iwinasto na rin nang madalas; ang ilan, dahil sila ay tamad, iniisip lamang ang tawag ng laman, at hindi kumikilos ayon sa mga prinsipyo kapag bumibisita sila sa mga iglesia, ay iwinasto na nang maraming beses; ang ilan, dahil bigo silang magpatotoo saanman sila magpunta, nananadya at walang habas kung kumilos, at sinasadya pang magkasala, ay maraming beses nang binalaan tungkol dito; ang ilan na nangungusap lamang ng mga salita at doktrina sa mga oras ng pagtitipon, kumikilos na parang nakahihigit sa lahat, wala ni katiting na realidad ng katotohanan, at nagbabalak laban sa at nakikipagpaligsahan sa kanilang mga kapatid—madalas na silang nalantad dahil dito. Naipahayag Ko na sa inyo ang mga salitang ito nang maraming beses, at ngayon, hindi na Ako magsasalita tungkol dito—gawin ninyo ang gusto ninyo! Gumawa kayo ng sarili ninyong mga desisyon! Maraming tao ang hindi lamang sumailalim sa ganitong pagwawasto sa loob ng isa o dalawang taon, para sa ilan ito ay tatlo o apat na taon, samantalang ang ilan ay naranasan ito nang mahigit sa isang dekada, na sumasailalim sa pagwawasto nang sila ay maging mga mananampalataya, ngunit hanggang sa ngayon ay kakaunti lamang ang ipinagbago nila. Ano ang masasabi mo, hindi ba katulad ka ng mga baboy? Maaari kayang hindi patas sa iyo ang Diyos? Huwag ninyong isipin na hindi matatapos ang gawain ng Diyos kung hindi ninyo kayang maabot ang isang partikular na antas. Maghihintay pa rin ba sa inyo ang Diyos kung hindi ninyo kayang tuparin ang Kanyang mga hinihingi? Malinaw Kong sinasabi sa iyo—hindi ito ganoon.

Huwag kang magkaroon ng gayon kagandang pananaw sa mga bagay-bagay! May takdang panahon sa gawain sa ngayon, at hindi lamang nakikipaglaro sa iyo ang Diyos! Dati-rati, pagdating sa pagdanas ng pagsubok ng mga tagapagsilbi, inakala ng mga tao na kung sila ay maninindigan sa kanilang patotoo sa Diyos at malulupig Niya, kailangang umabot sila sa isang partikular na antas—kailangang maging tagapagsilbi sila nang kusa at masaya, at kailangang purihin nila ang Diyos araw-araw, at kahit katiting ay huwag mawalan ng pagpipigil o magpadalus-dalos. Inakala nila na sa gayon lamang sila magiging isang tunay na tagapagsilbi, ngunit ganoon nga ba? Noon, iba't ibang uri ng mga tao ang ibinunyag; nagpakita sila ng lahat ng klase ng mga pag-uugali. Ang ilan ay nagreklamo, ang ilan ay nagpakalat ng mga haka-haka, ang ilan ay tumigil sa pagdalo sa mga pagtitipon, at ang ilan ay nagpamudmod pa ng pera ng iglesia. Nagbalak ang mga kapatid laban sa isa't isa. Talagang malaking pagpapalaya iyon, ngunit may isang bagay na maganda tungkol doon: Walang umatras ni isa. Ito ang pinakamagandang katangian. Nagbigay sila ng isang hakbang ng patotoo sa harap ni Satanas dahil dito, at kalaunan ay natamo nila ang identidad ng mga tao ng Diyos at nakatagal hanggang sa ngayon. Ang gawain ng Diyos ay hindi isinasagawa na tulad ng iyong iniisip, sa halip, kapag tapos na ang oras, magwawakas ang gawain, anuman ang katangiang naabot mo. Maaaring sabihin ng ilang tao: “Sa pagkilos nang ganito hindi Mo inililigtas ang mga tao o minamahal sila—hindi Ikaw ang matuwid na Diyos.” Malinaw Kong sinasabi sa iyo: Ang pinakamahalagang aspeto ng Aking gawain ngayon ay lupigin ka at hikayatin kang magpatotoo. Pandagdag na lamang ang pagliligtas sa iyo; maliligtas ka man o hindi ay nakasalalay sa iyong sariling paghahangad, at walang kinalaman sa Akin. Subalit kailangang lupigin kita; huwag mong subukan palagi na utus-utusan Ako—ngayo'y Ako ang gumagawa at inililigtas kita, hindi ang kabaligtaran!

Ngayon, ang nagawa ninyong maunawaan ay mas mataas kaysa kaninumang tao sa buong kasaysayan na hindi ginawang perpekto. Ang kaalaman mo man sa mga pagsubok o ang paniniwala mo sa Diyos, lahat ng iyon ay mas mataas kaysa kaninumang nananampalataya sa Diyos. Ang mga bagay na inyong nauunawaan ang siyang nalalaman ninyo bago kayo sumailalim sa mga pagsubok ng mga sitwasyon, ngunit ang inyong tunay na tayog ay ganap na hindi kasundo ng mga iyon. Ang inyong nalalaman ay mas mataas kaysa inyong isinasagawa. Bagama't sinasabi ninyo na ang mga taong naniniwala sa Diyos ay dapat mahalin ang Diyos, at dapat magsumikap hindi para sa mga pagpapala kundi para lamang matugunan ang kalooban ng Diyos, ang ipinapakita sa inyong buhay ay napakalayo rito, at narungisan na nang husto. Karamihan sa mga tao ay naniniwala sa Diyos alang-alang sa kapayapaan at iba pang mga pakinabang. Kung hindi ka makikinabang, hindi ka naniniwala sa Diyos, at kung hindi ka makatatanggap ng mga biyaya ng Diyos, nagmamaktol ka. Paano magiging iyong tunay na tayog ang nasabi mo? Pagdating sa di-maiiwasang mga pangyayari sa pamilya tulad ng pagkakasakit ng mga anak, pagkaospital ng mga mahal sa buhay, mahinang ani ng mga pananim, at pag-uusig ng mga kapamilya, kahit ang mga bagay na ito na nangyayari

araw-araw ay mabigat para sa iyo. Kapag nangyayari ang gayong mga bagay, natataranta ka, hindi mo alam kung ano ang gagawin—at kadalasan, nagrereklamo ka tungkol sa Diyos. Inirereklamo mo na nilinlang ka ng mga salita ng Diyos, na kinutya ka ng gawain ng Diyos. Wala ba kayong gayong mga saloobin? Palagay mo ba bihira lamang mangyari sa inyo ang gayong mga bagay? Ginugugol ninyo ang bawat araw sa pamumuhay sa gitna ng gayong mga kaganapan. Hindi ninyo iniisip ni katiting ang tagumpay ng inyong pananampalataya sa Diyos, at kung paano ninyo matutugunan ang kalooban ng Diyos. Ang inyong tunay na tayog ay napakababa, mas mababa pa kaysa sa munting sisiw. Kapag nalugi ang negosyo ng inyong pamilya nagrereklamo kayo tungkol sa Diyos, kapag natatagpuan ninyo ang inyong sarili sa isang sitwasyon na walang proteksyon ng Diyos nagrereklamo pa rin kayo tungkol sa Diyos, at nagrereklamo kayo kahit kapag namatay ang isa sa inyong mga sisiw o nagkasakit ang isang matandang baka sa kulungan. Nagrereklamo kayo kapag panahon na para mag-asawa ang inyong anak na lalaki ngunit walang sapat na pera ang inyong pamilya; nais ninyong gampanan ang tungkulin ng punong-abala, ngunit hindi ninyo kayang gastusan iyon, at pagkatapos ay nagrereklamo ka rin. Punung-puno ka ng mga reklamo, at kung minsan ay hindi ka dumadalo sa mga pagtitipon o kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos dahil dito, kung minsan ay nagiging negatibo ka sa loob ng mahabang panahon. Walang nangyayari sa iyo ngayon na may kinalaman sa iyong mga inaasam o kapalaran; ang mga bagay na ito ay mangyayari din kahit hindi ka naniwala sa Diyos, ngunit ngayon ay ipinapasa mo sa Diyos ang responsibilidad para sa mga ito, at pilit mong sinasabi na inalis ka na ng Diyos. Paano na ang paniniwala mo sa Diyos? Naihandog mo ba talaga ang iyong buhay? Kung dinanas ninyo ang mga pagsubok na dinanas ni Job, walang isa man sa inyo na sumusunod sa Diyos ngayon ang makakayang manindigan, lahat kayo ay babagsak. At malaki ang pagkakaiba, sa simpleng pananalita, sa pagitan ninyo at ni Job. Ngayon, kung sinamsam ang kalahati ng inyong mga ari-arian, mangangahas kayong ikaila ang pag-iral ng Diyos; kung kinuha ang inyong anak na lalaki o babae mula sa inyo, magtatatakbo kayo sa kalye na sumisigaw ng ilegal iyan; kung ang tanging paraan mo para kumita ay wala nang patutunguhan, susubukan mong makipagtalo sa Diyos; itatanong mo kung bakit Ako nagpahayag ng napakaraming salita sa simula para takutin ka. Walang anumang bagay na hindi ninyo pangangahasang gawin sa gayong mga pagkakataon. Ipinakikita nito na hindi pa kayo nagtamo ng anumang tunay na mga kabatiran, at wala kayong tunay na tayog. Sa gayon, ang mga pagsubok sa inyo ay napakalaki, sapagkat napakarami ninyong alam, ngunit ang inyong tunay na nauunawaan ay ni wala pa sa isa sa isanlibo ng inyong nalalaman. Huwag tumigil sa pagkaunawa at kaalaman lamang; ang pinakamainam ay tingnan ninyo kung gaano karami ang tunay ninyong maisasagawa, gaanong kaliwanagan at pagtanglaw ng Banal na Espiritu ang nakamit mula sa pawis ng inyong pagsusumikap, at sa ilan sa inyong mga pagsasagawa ninyo napagtanto ang sarili ninyong matibay na pagpapasya. Dapat mong seryosohin ang iyong tayog at pagsasagawa. Sa iyong paniniwala sa Diyos, hindi ka dapat

magtangkang gumawa nang wala sa loob para kaninuman—matatamo mo man ang katotohanan at buhay sa huli o hindi ay nakasalalay sa iyong sariling paghahangad.

Pagsasagawa 4

Ang kapayapaan at kagalakang sinasabi Ko ngayon ay hindi kagaya ng pinaniniwalaan at nauunawaan mo. Iniisip mo dati na ang kapayapaan at kagalakan ay nangangahulugan ng pagiging masaya buong araw, kawalan ng sakit o kasawian sa iyong pamilya, pagiging laging nasisiyahan ang puso mo nang wala ni katiting na kalungkutan, at pagkakaroon ng di-maipaliwanag na kagalakan gaano man umunlad ang iyong buhay. Bukod pa iyon sa nakuha mong umento sa sahod at sa pagpasok ng anak mong lalaki sa pamantasan. Nasasaisip ang mga bagay na ito, nanalangin ka sa Diyos at, nang makita mo na napakadakila ng biyaya ng Diyos, tuwang-tuwa ka, nakangisi hanggang tainga, at hindi mo mapigilan magpasalamat sa Diyos. Hindi ang gayong kapayapaan at kagalakan ang tunay na kapayapaan at kagalakang nagmumula sa pagkakaroon ng presensya ng Banal na Espiritu. Sa halip, ito ang kapayapaan at kagalakang bunga ng kasiyahan ng laman. Dapat mong maunawaan kung ano ang kapanahunan sa ngayon; hindi ito ang Kapanahunan ng Biyaya, at hindi na ito ang panahon na hinahangad mong punuin ng tinapay ang iyong tiyan. Maaaring tuwang-tuwa ka dahil maayos ang lahat sa iyong pamilya, ngunit naghahabol na ng huling hininga ang buhay mo—at sa gayon, gaano man katindi ang iyong kagalakan, hindi sumasaiyo ang Banal na Espiritu. Ang pagtatamo ng presensya ng Banal na Espiritu ay simple: gawin mo nang maayos ang nararapat mong gawin, gampanan mong mabuti ang tungkulin at gawain ng isang tao, at magawang sangkapan ang iyong sarili ng mga bagay na kailangan mo upang mapunan ang iyong mga pagkukulang. Kung lagi kang may pasanin sa sarili mong buhay at masaya ka dahil may nahiwatigan kang isang katotohanan o naunawaan mo ang kasalukuyang gawain ng Diyos, ito ang totoong pagkakaroon ng presensya ng Banal na Espiritu. O, kung nababalisa ka kung minsan dahil nagkaroon ka ng isang isyu na hindi mo alam kung paano danasin, o dahil hindi mo nauunawaan ang isang katotohanang ibinabahagi, pinatutunayan nito na sumasaiyo ang Banal na Espiritu. Karaniwang mga kalagayan ito ng karanasan sa buhay. Kailangan mong maunawaan ang pagkakaiba sa pagitan ng pagkakaroon at hindi pagkakaroon ng presensya ng Banal na Espiritu, at kailangan ay hindi masyadong mababaw ang iyong pagtingin dito.

Dati-rati, sinasabi na ang pagkakaroon ng presensya ng Banal na Espiritu at pagkakaroon ng gawain ng Banal na Espiritu ay magkaiba. Ang normal na kalagayan ng pagkakaroon ng presensya ng Banal na Espiritu ay namamalas sa pagkakaroon ng normal na mga kaisipan, normal na katwiran, at normal na pagkatao. Ang ugali ng isang tao ay mananatiling tulad ng dati, ngunit magkakaroon ng kapayapaan sa kanilang kalooban, at sa panlabas ay magkakaroon sila ng kagandahang-asal ng isang banal.

Magiging ganito sila kapag sumasakanila ang Banal na Espiritu. Kapag taglay ng isang tao ang presensya ng Banal na Espiritu, normal ang kanilang pag-iisip. Kapag nagugutom sila gusto nilang kumain, kapag nauuhaw sila gusto nilang uminom ng tubig. ... Ang gayong mga pagpapamalas ng normal na pagkatao ay hindi kaliwanagan ng Banal na Espiritu; ang mga ito ay normal na pag-iisip ng mga tao at normal na kalagayan ng pagkakaroon ng presensya ng Banal na Espiritu. Mali ang paniniwala ng ilang tao na yaong mga may presensya ng Banal na Espiritu ay hindi nagugutom, na hindi sila nakakadama ng kapaguran, at tila hindi inaalala ang pamilya, na halos inihiwalay na nang lubusan ang kanilang sarili mula sa katawan. Sa katunayan, habang lalong sumasa mga tao ang Banal na Espiritu, lalo silang normal. Alam nila kung paano magdusa at isuko ang mga bagay para sa Diyos, gugulin ang kanilang sarili para sa Diyos, at maging tapat sa Diyos; bukod pa rito, iniisip nilang kumain at magbihis. Sa madaling salita, walang nawalang anuman sa kanilang normal na pagkatao na dapat magkaroon ang tao at, sa halip, lalo silang nagtataglay ng katwiran. Kung minsan, nagbabasa sila ng mga salita ng Diyos at pinagninilayan ang gawain ng Diyos; may pananampalataya sa kanilang puso at handa silang hanapin ang katotohanan. Natural, ang gawain ng Banal na Espiritu ay nakabatay sa pundasyong ito. Kung ang mga tao ay walang normal na pag-iisip, wala silang katwiran—hindi ito isang normal na kalagayan. Kapag ang mga tao ay may normal na pag-iisip at sumasakanila ang Banal na Espiritu, siguradong taglay nila ang katwiran ng isang normal na tao at, sa gayon, mayroon silang isang normal na kalagayan. Sa pagdanas sa gawain ng Diyos, nangyayari paminsan-minsan ang pagkakaroon ng gawain ng Banal na Espiritu, samantalang halos palaging mayroong presensya ng Banal na Espiritu. Hangga’t normal ang katwiran at pag-iisip ng mga tao, at hangga’t normal ang kanilang kalagayan, siguradong sumasakanila ang Banal na Espiritu. Kapag hindi normal ang katwiran at pag-iisip ng mga tao, hindi normal ang kanilang pagkatao. Kung, sa sandaling ito, sumasaiyo ang gawain ng Banal na Espiritu, siguradong sumasaiyo rin ang Banal na Espiritu. Ngunit kung sumasaiyo ang Banal na Espiritu, hindi ibig sabihin ay talagang gumagawa ang Banal na Espiritu sa iyong kalooban, sapagkat gumagawa ang Banal na Espiritu sa mga espesyal na pagkakataon. Mapapanatili lamang ng pagkakaroon ng presensya ng Banal na Espiritu ang normal na pag-iral ng mga tao, ngunit gumagawa lamang ang Banal na Espiritu paminsan-minsan. Halimbawa, kung isa kang lider o manggagawa, kapag nagdidilig at nagtutustos ka para sa iglesia, liliwanagan ka ng Banal na Espiritu sa ilang salita na nagpapatatag sa iba at makakalutas sa ilan sa mga praktikal na problema ng iyong mga kapatid—sa ganitong mga pagkakataon, gumagawa ang Banal na Espiritu. Kung minsan, kapag kumakain at umiinom ka ng mga salita ng Diyos, at nililiwanagan ka ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng ilang salitang may partikular na kaugnayan sa sarili mong mga karanasan, na nagtutulot sa iyo na magtamo ng higit na kaalaman tungkol sa sarili mong mga kalagayan; gawain din ito ng Banal na Espiritu. Kung minsan, habang Ako ay nagsasalita, nakikinig kayo at nagagawa ninyong ihambing ang sarili ninyong mga

kalagayan sa Aking mga salita, at kung minsan ay naaantig o nabibigyang-inspirasyon kayo; lahat ng ito ay gawain ng Banal na Espiritu. Sinasabi ng ilang tao na gumagawa sa kanila ang Banal na Espiritu sa lahat ng oras. Imposible ito. Kung sasabihin nila na palaging sumasakanila aang Banal na Espiritu, makatotohanan iyon. Kung sasabihin nila na ang kanilang pag-iisip at katinuan ay normal sa lahat ng oras, makatotohanan din iyon, at ipakikita na sumasakanila ang Banal na Espiritu. Kung sinasabi nila na palaging gumagawa ang Banal na Espiritu sa kalooban nila, na nililiwanagan sila ng Diyos at inaantig ng Banal na Espiritu sa bawat sandali, at nagtatamo ng bagong kaalaman sa lahat ng oras, talagang hindi ito normal! Lubos itong higit sa karaniwan! Walang kaduda-duda, masasamang espiritu ang gayong mga tao! Kahit kapag pumapasok ang Espiritu ng Diyos sa katawang-tao, may mga pagkakataon na kailangan Niyang kumain at kailangang magpahinga—bukod pa ryan ang mga tao. Yaong mga nasaniban ng masasamang espiritu ay parang walang kahinaan ng katawan. Nagagawa nilang talikdan at isuko ang lahat, wala silang damdamin, kaya nilang tiisin ang pagdurusa at hindi nakadarama ni katiting na pagod, na parang napangibabawan na nila ang katawan. Hindi ba ito lubos na higit sa karaniwan? Ang gawain ng masasamang espiritu ay hindi karaniwan—walang taong makakagawa ng gayong mga bagay! Yaong mga walang paghiwatig ay naiinggit kapag nakikita nila ang gayong mga tao: Sinasabi nila na napakalakas ng kanilang pananalig sa Diyos, may malaking pananampalataya, at hindi nagpapakita ni katiting na tanda ng kahinaan! Sa katunayan, lahat ng ito ay pagpapamalas ng gawain ng isang masamang espiritu. Sapagkat, ang mga normal na tao ay walang pagsalang may mga kahinaan ng tao; ito ang normal na kalagayan ng yaong mga may presensya ng Banal na Espiritu.

Ano ang ibig sabihin ng manindigan ang isang tao sa kanyang patotoo? Sinasabi ng ilang tao na sumusunod lamang sila na kagaya ng ginagawa nila ngayon at hindi sila nag-aalala kung kaya nilang magtamo ng buhay; hindi nila hinahangad ang buhay, ngunit hindi rin naman sila tumatalikod. Kinikilala lamang nila na ang yugtong ito ng gawain ay isinasagawa ng Diyos. Hindi ba ito kabiguan sa kanilang patotoo? Ni hindi nagpapatotoo ang gayong mga tao na nalupig na sila. Yaong mga nalupig na ay sumusunod sa kabila ng lahat at nagagawang hangarin ang buhay. Hindi lamang sila naniniwala sa praktikal na Diyos, kundi alam din nila kung paano sundin ang lahat ng plano ng Diyos. Gayon yaong mga nagpapatotoo. Yaong mga hindi nagpapatotoo ay hindi kailanman hinangad ang buhay at patuloy pa ring sumusunod nang magulo. Maaaring sumusunod ka, ngunit hindi ito nangangahulugan na nalupig ka na, sapagkat hindi mo nauunawaan ang gawain ng Diyos ngayon. Kailangang matugunan ang ilang kundisyon para malupig. Hindi lahat ng sumusunod ay nalupig na, sapagkat sa puso mo ay hindi mo nauunawaan kung bakit kailangan mong sundin ang Diyos sa ngayon, hindi mo rin alam kung paano ka nakaraos hanggang ngayon, kung sino ang sumuporta sa iyo hanggang ngayon. Ang pagsampalataya ng ilang tao sa Diyos ay palaging magulo at lito; sa gayon, ang pagsunod ay hindi nangangahulugan na mayroon kang patotoo. Ano ba talaga ang tunay na

patotoo? Ang patotoong binabanggit dito ay may dalawang bahagi: Ang isa ay patotoo ng pagkalupig, at ang isa pa ay patotoo na nagawa na siyang perpekto (na, natural, ay magiging patotoo kasunod ng malalaking pagsubok at kapighatian sa hinaharap). Sa madaling salita, kung kaya mong manindigan sa oras ng mga kapighatian at pagsubok, napagtiisan mo na ang pangalawang hakbang ng patotoo. Ang pinakamahalaga ngayon ay ang unang hakbang ng patotoo: magawang manindigan sa bawat pagkakataon ng mga pagsubok ng pagkastigo at paghatol. Ito ang patotoo na nalupig na ang isang tao. Iyon ay dahil ngayon ang panahon ng paglupig. (Dapat mong malaman na ngayon ang panahon ng gawain ng Diyos sa lupa; ang gawain ng Diyos na nagkatawang-tao sa lupa una sa lahat ay lupigin ang grupo ng mga taong ito sa lupa na sumusunod sa Kanya kahit sa paghatol at pagkastigo.) Kung may kakayahan ka o wala na magpatotoo na nalupig ka na ay nakasalalay hindi lamang sa kung nakakasunod ka hanggang sa pinakahuli, kundi, ang mas mahalaga, kung kaya mo, habang dinaranas mo ang bawat hakbang ng gawain ng Diyos, na tunay na maunawaan ang pagkastigo at paghatol ng Diyos, at kung tunay mong nahihiwatigan ang lahat ng gawaing ito. Hindi ka makakalusot sa pagsunod lamang hanggang sa huli. Kailangan ay handa kang sumuko sa panahon ng bawat pagkakataon ng pagkastigo at paghatol, may kakayahan kang tunay na maunawaan ang bawat hakbang ng gawaing nararanasan mo, at kailangan mong magtamo ng kaalaman, at pagsunod sa disposisyon ng Diyos. Ito ang huling patotoo na nalupig ka na, na ipinababahagi sa iyo. Ang patotoo na nalupig ka na ay tumutukoy una sa lahat sa iyong kaalaman tungkol sa pagkakatawang-tao ng Diyos. Ang mahalaga, ang hakbang na ito ng patotoo ay sa pagkakatawang-tao ng Diyos. Hindi mahalaga kung ano ang iyong ginagawa o sinasabi sa harap ng mga tao sa mundo o yaong mga may kapangyarihan; ang pinakamahalaga sa lahat ay kung nagagawa mong sundin ang lahat ng salitang nagmumula sa bibig ng Diyos at lahat ng Kanyang gawain. Kung gayon, ang hakbang na ito ng patotoo ay patungkol kay Satanas at sa lahat ng kaaway ng Diyos—ang mga demonyo at palaaway na hindi naniniwala na ang Diyos ay magkakatawang-tao sa ikalawang pagkakataon at darating upang gumawa ng mas dakilang gawain, at bukod pa roon, hindi naniniwala sa katotohanan ng pagbabalik ng Diyos sa katawang-tao. Sa madaling salita, patungkol ito sa lahat ng anticristo—lahat ng kaaway na hindi naniniwala sa pagkakatawang-tao ng Diyos.

Hindi pinatutunayan ng pag-iisip at pananabik sa Diyos na nilupig ka na ng Diyos; nakasalalay iyon sa kung naniniwala ka na Siya ang Salita na nagkatawang-tao, kung naniniwala ka na ang Salita ay nagkatawang-tao, at kung naniniwala ka na ang Espiritu ay naging Salita, at ang Salita ay nagpakita sa katawang-tao. Ito ang pinakamahalagang patotoo. Hindi mahalaga kung paano ka sumusunod, ni kung paano mo ginugugol ang iyong sarili; ang pinakamahalaga ay kung nagagawa mong matuklasan mula sa normal na pagkataong ito na ang Salita ay nagkatawang-tao at ang Espiritu ng katotohanan ay nagkatotoo sa katawang-tao—na lahat ng katotohanan, ng daan, at ng buhay, ay naparito na sa katawang-tao, at ang Espiritu ng Diyos ay talagang dumating na sa lupa

at ang Espiritu ay naparito na sa katawang-tao. Bagama't, sa tingin, mukhang naiiba ito mula sa paglilihi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, sa gawaing ito nagagawa mong makita nang malinaw na ang Espiritu ay naisakatuparan na sa katawang-tao, at, bukod pa rito, ang Salita ay nagkatawang-tao na at ang Salita ay nagpakita na sa katawang-tao. Nagagawa mong maunawaan ang tunay na kahulugan ng mga salitang: “Nang pasimula siya ang Verbo, at ang Verbo ay sumasa Dios, at ang Verbo ay Dios.” Bukod pa rito, kailangan mong maunawaan na ang Salita sa ngayon ay ang Diyos, at masdan na ang Salita ay naging tao. Ito ang pinakamagandang patotoong maibabahagi mo. Pinatutunayan nito na taglay mo ang tunay na kaalaman tungkol sa Diyos na naging tao—hindi mo lamang nagagawang makilala Siya, kundi nababatid mo rin na ang landas na iyong tinatahak sa ngayon ay ang landas ng buhay, at ang landas ng katotohanan. Tinupad lamang ng yugto ng gawaing isinagawa ni Jesus ang diwa ng “ang Verbo ay sumasa Dios”: Ang katotohanan ng Diyos ay sumasa Diyos, at ang Espiritu ng Diyos ay nasa katawang-tao at hindi maihihiwalay mula sa katawang-taong iyon. Ibig sabihin, ang laman ng Diyos na nagkatawang-tao ay sumasa Espiritu ng Diyos, na mas malaking katunayan na si Jesus na nagkatawang-tao ang unang pagkakatawang-tao ng Diyos. Ang yugtong ito ng gawain mismo ang tumutupad sa kahulugan sa loob ng “ang Salita ay naging tao,” nagbigay ng mas malalim na kahulugan sa “ang Verbo ay sumasa Dios, at ang Verbo ay Dios,” at tinutulutan ka na matibay na paniwalaan ang mga salitang “Nang pasimula siya ang Verbo.” Na ibig sabihin, sa panahon ng paglikha ay may taglay na mga salita ang Diyos, ang Kanyang mga salita ay sumasa Kanya at hindi maihihiwalay sa Kanya, at sa huling kapanahunan, lalo pa Niyang nililinaw ang kapangyarihan at awtoridad ng Kanyang mga salita, at tinutulutan ang tao na makita ang lahat ng Kanyang daan—na marinig ang lahat ng Kanyang salita. Gayon ang gawain ng huling kapanahunan. Kailangan mong maunawaan ang mga bagay na ito nang lubus-lubusan. Hindi ito tungkol sa pagkilala sa katawang-tao, kundi kung ano ang pagkaunawa mo sa katawang-tao at sa Salita. Ito ang patotoo na kailangan mong ibahagi, yaong kailangang malaman ng lahat. Dahil ito ang gawain ng ikalawang pagkakatawang-tao—at ang huling pagkakataon na magkakatawang-tao ang Diyos—lubos nitong kinukumpleto ang kabuluhan ng pagkakatawang-tao, lubus-lubusang isinasakatuparan at inilalabas ang lahat ng gawain ng Diyos sa katawang-tao, at winawakasan ang panahon ng Diyos na nasa katawang-tao. Sa gayon, kailangan mong malaman ang kahulugan ng pagkakatawang-tao. Hindi mahalaga kung gaano ka naglilibot, o gaano kahusay mo isinasakatuparan ang iba pang mga bagay na walang kinalaman sa iyo; ang mahalaga ay kung nagagawa mong tunay na magpasakop sa harap ng Diyos na nagkatawang-tao at ilaan ang iyong buong pagkatao sa Diyos, at sundin ang lahat ng salitang nagmumula sa Kanyang bibig. Ito ang dapat mong gawin, at dapat mong sundin.

Ang huling hakbang ng patotoo ay ang patotoo kung nagawa kang perpekto o hindi—na ang ibig sabihin, dahil naunawaan mo na ang lahat ng salitang nagmumula sa bibig ng Diyos na nagkatawang-tao, nag-aangkin ka ng kaalaman tungkol sa Diyos at

nakatitiyak ka tungkol sa Kanya, isinasabuhay mo ang lahat ng salitang nagmumula sa bibig ng Diyos, at nagagawa ang mga kundisyong hinihiling sa iyo ng Diyos—ang estilo ni Pedro at pananampalataya ni Job—kaya nakakasunod ka hanggang kamatayan, naibibigay mo nang lubusan ang iyong sarili sa Kanya, at sa huli ay nakakamtan ang larawan ng isang taong tumutugon sa pamantayan, na ibig sabihin ay ang larawan ng isang taong nalupig na at nagawang perpekto matapos danasin ang paghatol at pagkastigo ng Diyos. Ito ang pangwakas na patotoo—ito ang patotoong dapat ibahagi ng isang taong nagawang perpekto sa huli. Ito ang dalawang hakbang ng patotoo na dapat mong ibahagi, at magkaugnay ang mga ito, bawat isa ay kailangang-kailangan. Ngunit may isang bagay na kailangan mong malaman: Ang patotoong kinakailangan ko sa iyo ngayon ay hindi patungkol sa mga tao sa mundo, ni hindi sa sinumang indibiduwal, kundi tungkol sa hinihiling Ko sa iyo. Nasusukat ito sa kung napapalugod mo Ako, at kung nagagawa mong lubos na tugunan ang mga pamantayan ng Aking mga hinihiling sa bawat isa sa inyo. Ito ang dapat ninyong maunawaan.

Pagsasagawa 5

Sa Kapanahunan ng Biyaya, bumigkas si Jesus ng ilang salita at nagsagawa ng isang yugto ng gawain. Mayroong konteksto sa lahat ng iyon, at lahat ng iyon ay angkop sa mga kalagayan ng mga tao sa panahong iyon; si Jesus ay nagsalita at gumawa nang nararapat sa konteksto sa panahong iyon. Nangusap din Siya ng ilang propesiya. Ipinropesiya Niya na ang Espiritu ng katotohanan ay darating sa mga huling araw at magpapatupad ng isang yugto ng gawain. Ibig sabihin, hindi Niya nauunawaan ang anumang walang kinalaman sa gawain na Siya Mismo ang gagawa sa kapanahunang iyon; ang gawaing hatid ng Diyos na nagkatawang-tao, sa madaling salita, ay limitado. Kaya, ginagawa lamang Niya ang gawain ng kapanahunang kinaroroonan Niya at hindi gumagawa ng ibang gawaing walang kaugnayan sa Kanya. Noong panahong iyon, hindi gumawa si Jesus ayon sa mga damdamin o mga pangitain, kundi kung ano ang nararapat sa panahon at konteksto. Walang sinumang umakay o gumabay sa Kanya. Ang Kanyang buong gawain ay ang Kanyang sariling pagkatao—iyon ang gawaing kailangang isagawa ng Espiritu ng Diyos na nagkatawang-tao, na siyang lahat ng gawain na hatid ng pagkakatawang-tao. Gumawa lamang si Jesus ayon sa nakita at narinig Niya Mismo. Sa madaling salita, gumawa nang tuwiran ang Espiritu; hindi na kinailangang magpakita sa Kanya ang mga sugo at bigyan Siya ng mga panaginip, ni sinagan Siya ng anumang dakilang liwanag at tulutan Siyang makakita. Gumawa Siya nang malaya at walang pagpipigil, dahil ang Kanyang gawain ay hindi nakabatay sa mga damdamin. Sa madaling salita, nang Siya ay gumawa, hindi Siya nangapa at nanghula, kundi nagsakatuparan ng mga bagay nang may kagaanan, na gumagawa at nagsasalita ayon sa Kanyang sariling mga ideya at sa nakita ng Kanyang sariling mga mata, na

naglalaan ng agarang panustos sa bawat disipulong sumunod sa Kanya. Ito ang kaibhan ng gawain ng Diyos sa gawain ng mga tao: Kapag gumagawa ang mga tao, naghahanap sila at nangangapa, laging nanggagaya at nananadya batay sa pundasyong inilatag ng iba upang magtamo ng mas malalim na pagpasok. Ang gawain ng Diyos ay ang paglalaan ng kung ano Siya, at ginagawa Niya ang gawaing Siya Mismo ang kailangang gumawa. Hindi Siya naglalaan ng panustos sa iglesia gamit ang kaalamang galing sa gawain ng sinumang tao. Sa halip, ginagawa Niya ang kasalukuyang gawain batay sa kalagayan ng mga tao. Sa gayon, ang paggawa sa ganitong paraan ay libu-libong beses na mas malaya kaysa sa gawaing ginagawa ng mga tao. Para sa mga tao, maaari pa ngang lumitaw na hindi nananatiling tapat ang Diyos sa Kanyang tungkulin at gumagawa kung paano Niya gusto—ngunit lahat ng gawaing Kanyang ginagawa ay bago. Gayunpaman, dapat mong malaman na ang gawain ng Diyos na nagkatawang-tao ay hindi kailanman nakabatay sa mga damdamin. Sa panahong iyon, nang makumpleto na ni Jesus ang Kanyang gawaing magpapako sa krus, nang makarating ang mga disipulong sumunod kay Jesus sa isang partikular na punto sa kanilang pagdaranas, nadama nila na parating na ang araw ng Diyos, at na magtatagpo sila ng Panginoon sa lalong madaling panahon. Iyon ang damdamin nila noon, at para sa kanila, ang damdaming ito ang pinakamahalaga. Ngunit sa katunayan, hindi maaasahan ang mga damdamin sa kalooban ng mga tao. Naramdaman nila na marahil ay malapit na nilang maabot ang dulo ng landas, o na lahat ng ginawa at tiniis nila ay itinalaga ng Diyos. Sinabi rin ni Pablo na natapos na niya ang kanyang takbuhin, na nakibaka na siya ng pakikipagbaka, at may nakalaang putong na katuwiran para sa kanya. Iyon ang nadamaniya, at isinulat niya iyon sa mga sulat at ipinadala ang mga iyon sa mga iglesia. Ang gayong mga kilos ay nagmula sa mga pasaning kanyang pinasan para sa mga iglesia, at hindi iyon pinansin ng Banal na Espiritu. Nang sabihin ni Pablo ang mga salitang iyon, hindi siya nabalisa, ni wala siyang nadamang anumang paninisi, kaya naniwala siya na ang gayong mga bagay ay napakanormal at tama, at na nagmula ang mga iyon sa Banal na Espiritu. Ngunit kung titingnan sa ngayon, hindi talaga nagmula ang mga iyon sa Banal na Espiritu. Ang mga iyon ay walang iba kundi mga ilusyon ng isang tao. Maraming ilusyon sa kalooban ng mga tao, at hindi iyon pinapansin ng Diyos o nagpapahayag ang Diyos ng anumang mga opinyon kapag nangyayari ang mga iyon. Karamihan sa gawain ng Banal na Espiritu ay hindi isinasagawa sa pamamagitan ng mga damdamin ng mga tao—hindi gumagawa ang Banal na Espiritu sa loob ng mga damdamin ng mga tao maliban sa mahihirap at madidilim na panahon bago naging tao ang Diyos, o sa panahon na walang mga apostol o manggagawa. Sa yugtong iyon nagbibigay ng ilang espesyal na damdamin ang gawain ng Banal na Espiritu sa mga tao. Halimbawa: Kapag walang paggabay ng mga salita ng Diyos ang mga tao, mayroon silang di-maipaliwanag na kaligayahan kapag nagdarasal sila; mayroon silang damdamin ng kasiyahan sa puso nila, at payapa at panatag sila. Kapag taglay nila ang patnubay ng mga salita, nakadarama ang mga tao ng pagliwanag sa kanilang espiritu, mayroon silang landas ng pagsasagawa

sa kanilang mga kilos, at natural, mayroon din silang mga damdamin ng kapayapaan at kapanatagan. Kapag nahaharap ang mga tao sa panganib, o pinipigilan sila ng Diyos na gawin ang ilang bagay, nababahala at nababagabag ang kanilang puso. Ang mga ito ay pawang mga damdaming bigay sa tao ng Banal na Espiritu. Gayunman, kung ang isang malupit na sitwasyon ay pinagsisimulan ng isang kapaligirang nakakatakot, na nagiging dahilan para mabalisa at matakot nang husto ang mga tao, normal na pagpapahayag iyon ng tao at walang kaugnayan sa gawain ng Banal na Espiritu.

Ang mga tao ay palaging nabubuhay ayon sa sarili nilang damdamin, at nagawa nila ito sa loob ng maraming taon. Kapag payapa ang puso nila, kumikilos sila (naniniwala na ang kanilang kahandaan ay isang damdamin ng kapayapaan), at kapag hindi payapa ang puso nila, hindi sila kumikilos (naniniwala na ang kanilang kawalan ng gana o pag-ayaw ay isang damdamin ng pagkabalisa). Kapag naging maayos ang mga bagay-bagay, iniisip nila na kalooban ito ng Diyos. (Sa katunayan, ito ay isang bagay na dapat ay nagawa nang napakaayos, dahil ito ang likas na batas ng mga bagay-bagay.) Kapag hindi maayos ang takbo ng mga bagay-bagay, iniisip nila na hindi ito ang kalooban ng Diyos. Kapag nahaharap sila sa isang bagay na hindi maayos ang takbo, tumitigil sila. Ang gayong damdamin ay hindi tumpak, at ang pagkilos ayon sa mga ito ay magdudulot ng maraming pagkaantala. Halimbawa, tiyak na mahihirapan silang isagawa ang katotohanan at lalo na sa paggawa ng kalooban ng Diyos. Maraming positibong bagay ang magiging mahirap na matanto. Kagaya lang ng kasabihan, “Ang pagsasakatuparan ng mabubuting bagay ay kadalasang kasunod ng mga paghihirap.” Napakaraming damdamin ang mga tao sa kanilang praktikal na buhay, kaya palagi silang nalilito at hindi sigurado tungkol sa maraming bagay. Walang malinaw sa mga tao maliban kung nauunawaan nila ang katotohanan. Ngunit karaniwan, kapag kumikilos o nagsasalita sila ayon sa kanilang damdamin, basta’t hindi ito isang bagay na lumalabag sa mga pangunahing prinsipyo, hindi talaga tumutugon ang Banal na Espiritu. Katulad ito ng “putong na katuwiran” na nadama ni Pablo: Sa loob ng maraming taon, walang naniwala na mali ang kanyang nadama, ni hindi nadama ni Pablo mismo na mali ang kanyang nadama. Saan nagmumula ang mga damdamin ng mga tao? Ang mga ito, mangyari pa, ay mga reaksiyong nagmumula sa kanilang utak. Ang iba’t ibang mga damdamin ay nadarama ayon sa iba’t ibang mga sitwasyon at iba’t ibang mga bagay. Kadalasan, nagkakaroon ng mga pahiwatig ang mga tao na may lohika ng tao na mapagkukunan ng isang grupo ng mga pormula, na nauuwi sa pagkabuo ng maraming damdamin ng tao. Hindi nila namamalayan, pumapasok ang mga tao sa sarili nilang lohikal na mga pahiwatig, at sa ganitong paraan, ang mga damdaming ito ang nagiging pag-asa ng mga tao sa kanilang buhay; nagiging pampagaan ng damdamin ang mga ito sa kanilang buhay, tulad ng “putong na katuwiran” ni Pablo o ng “pakikipagtagpo sa Panginoon sa himpapawid” ni Witness Lee. Halos walang paraan ang Diyos na mamagitan sa mga damdaming ito ng tao, at kailangan Niyang hayaan ang mga ito na lumago ayon sa gusto nila. Ngayon, malinaw na Akong nagsalita sa iyo tungkol sa iba’t ibang aspeto ng

katotohanan. Kung patuloy ka pa ring nabubuhay ayon sa iyong mga damdamin, hindi ba nabubuhay ka pa rin sa kalabuan? Hindi mo tinatanggap ang mga salitang malinaw nang nasabi sa iyo, at lagi kang umaasa sa iyong personal na mga damdamin. Dito, hindi ka ba kagaya ng isang taong bulag na kinakapa ang isang elepante? At ano ang mapapala mo sa huli?

Lahat ng gawaing ginagawa ngayon ng Diyos na nagkatawang-tao ay totoo. Hindi ito isang bagay na madarama mo, o isang bagay na maiisip mo, lalong hindi ito isang bagay na mahihiwatigan mo—isang bagay lamang ito na mauunawaan mo kapag dumating sa iyo ang mga katunayan. Kung minsan, kahit dumating ang mga ito, hindi ka pa rin makakakita nang malinaw, at hindi makakaunawa ang mga tao hanggang sa personal na kumilos ang Diyos upang maghatid ng malaking kalinawan sa mga totoong katunayan kung ano ang nangyayari. Sa panahong iyon, maraming ilusyon ang mga disipulong sumusunod kay Jesus. Naniwala sila na paparating na ang araw ng Diyos at malapit na silang mamatay para sa Panginoon at makakatagpo na ang Panginoong Jesus. Naghintay nang buong pitong taon si Pedro dahil sa damdaming ito—ngunit hindi pa rin iyon dumating. Nadama nila na sumulong na ang kanilang buhay; dumami ang mga damdaming nasa kanilang kalooban at lalong tumindi ang mga damdaming ito, ngunit nakaranas sila ng maraming kabiguan at hindi sila nagtagumpay. Sila mismo ay hindi nila alam kung ano ang nangyayari. Maaari bang hindi matupad ang tunay na nagmula sa Banal na Espiritu? Hindi maaasahan ang mga damdamin ng mga tao. Dahil may sariling paraan ng pag-iisip at mga ideya ang mga tao, bumubuo sila ng mayayabong na ugnayan batay sa konteksto at mga kalagayan sa panahong iyon. Lalo na, kapag may nangyayari sa mga taong may matinong pag-iisip, labis silang natutuwa at hindi makapigil na bumuo ng mayayabong na ugnayan. Angkop ito lalo na sa “mga dalubhasa” na may matataas na kaalaman at teorya, na ang mga ugnayan ay nagiging mas sagana pagkaraan ng maraming taon ng pakikitungo sa mundo; hindi nila namamalayan, sinasakop ng mga ito ang kanilang puso at nagiging napakatitinding damdamin nila, at nasisiyahan sila sa mga ito. Kapag gustong gumawa ng isang bagay ang mga tao, lalabas ang kanilang mga damdamin at imahinasyon sa kanilang kalooban at iisipin nila na tama sila. Kalaunan, kapag nakita nila na hindi pa natutupad ang mga ito, hindi malalaman ng mga tao kung anong mali ang nangyari. Marahil ay naniniwala sila na nagbago na ng plano ang Diyos.

Hindi maiiwasan na lahat ng tao ay may damdamin. Noong Kapanahunan ng Kautusan may partikular na mga damdamin din ang maraming tao, ngunit mas kakaunti ang mga maling pakiramdam nila kaysa sa mga tao ngayon. Iyon ay dahil dati-rati, namasdan ng mga tao ang anyo ni Jehova; nakikita nila ang mga sugo at nagkaroon sila ng mga panaginip. Hindi nakakakita ng mga pangitain o ng mga sugo ang mga tao ngayon, kaya nga dumami na ang mga maling pakiramdam nila. Kapag nadarama ng mga tao sa ngayon na tama talaga ang isang bagay at isinagawa nila ito, hindi sila sinisisi ng Banal na Espiritu, at payapang-payapa ang kanilang kalooban. Pagkatapos

mangyari ito, sa pamamagitan lamang ng taimtim na panalangin o pagbasa sa mga salita ng Diyos nila natutuklasan na mali sila. Ang isang aspeto nito ay na walang mga sugong nagpapakita sa mga tao, bihirang-bihira ang mga panaginip, at walang nakikitang mga pangitain sa langit ang mga tao. Ang isa pang aspeto ay na hindi dinaragdagan ng Banal na Espiritu ang Kanyang mga paninisi at pagdisiplina sa kalooban ng mga tao; halos walang anuman sa gawain ng Banal na Espiritu ang nasa kanilang kalooban. Kaya nga, kung hindi kinakain at iniinom ng mga tao ang mga salita ng Diyos, hindi hinahanap ang katotohanan sa praktikal na paraan, at hindi nauunawaan ang landas ng pagsasagawa, wala silang mapapala. Ang mga prinsipyo ng gawain ng Banal na Espiritu ay ang mga sumusunod: Hindi Niya pinapansin ang walang kinalaman sa Kanyang gawain; kung may isang bagay na hindi saklaw ng Kanyang kapangyarihan, talagang hindi Siya kailanman nakikialam o namamagitan, hinahayaan Niyang gumawa ang mga tao ng anumang kaguluhang gusto nila. Maaari kang kumilos kahit paano mo gusto, ngunit darating ang araw na matatagpuan mo ang iyong sarili na takot na takot, at nalilito. Nakatuon lamang ang Diyos sa Kanyang gawain sa sarili Niyang katawang-tao, hindi Siya kailanman nakikialam sa gawain ng tao. Sa halip, binibigyan Niya ang mundo ng tao ng malawak na puwesto, at ginagawa ang gawaing kailangan Niyang gawin. Hindi ka sisisihin kung gumawa ka ng mali ngayon, ni hindi ka gagantimpalaan kung gumawa ka ng mabuti bukas. Ito ay mga gawain ng tao, at wala ni katiting na kaugnayan sa gawain ng Banal na Espiritu—talagang hindi ito saklaw ng Aking gawain.

Sa panahon na gumagawa si Pedro, sumambit siya ng maraming salita at gumawa ng maraming gawain. Posible ba na walang isa man sa mga ito ang nanggaling sa mga ideya ng tao? Imposibleng lubos itong manggaling sa Banal na Espiritu. Si Pedro ay nilikha lamang ng Diyos, siya ay isang alagad, siya si Pedro, hindi si Jesus, at ang kanilang diwa ay hindi magkapareho. Kahit si Pedro ay ipinadala ng Banal na Espiritu, hindi lahat ng kanyang ginawa ay nanggaling sa Banal na Espiritu, sapagkat siya, tutal naman, ay isang tao. Sumambit din si Pablo ng maraming salita at sumulat ng maraming sulat sa mga iglesia, na ang ilan ay tinipon sa Bibliya. Hindi nagpahayag ng anumang mga opinyon ang Banal na Espiritu, sapagkat iyon ang panahon na kinakasangkapan ng Banal na Espiritu si Pablo. Nagtamo siya ng ilang karanasan at kaalaman, at isinulat niya ang mga iyon at ipinasa ang mga iyon sa kanyang mga kapatid sa Panginoon. Walang anumang reaksiyon si Jesus. Bakit hindi siya pinigilan ng Banal na Espiritu sa panahong iyon? Iyon ay dahil may ilang karumihang nagmumula sa normal na paraan ng pag-iisip ng mga tao; hindi iyon maiiwasan. Dagdag pa ryan, ang kanyang mga kilos ay hindi umabot sa punto na maging panghihimasok o pang-aabala. Kapag may ilan sa ganitong uri ng gawain ng sangkatauhan, mas nadadalian ang mga tao na tanggapin ito. Hangga't hindi nakapanghihimasok ang mga karumihan ng normal na paraan ng pag-iisip ng tao sa anumang bagay, itinuturing itong normal. Sa madaling salita, ang mga taong may normal na paraan ng pag-iisip ay pawang may kakayahang mag-isip sa gayong paraan. Kapag ang mga tao ay nabubuhay sa katawang-tao, mayroon silang

sariling paraan ng pag-iisip, ngunit walang paraan para maalís ang mga ito. Gayunman, matapos maranasan ang gawain ng Diyos nang ilang panahon at maunawaan ang ilang katotohanan, magiging mas kaunti ang mga paraang ito ng pag-iisip. Kapag nakaranas na sila ng mas maraming bagay, malakakita na sila nang malinaw at sa gayo'y mababawasan ang pang-aabala nila. Sa madaling salita, kapag pinabulaanan ang mga imahinasyon at lohikal na mga palagay ng mga tao, mababawasan ang kanilang abnormal na mga damdamin. Ang mga nabubuhay sa katawang-tao ay pawang may sarili nilang paraan ng pag-iisip, ngunit sa huli, kikilos ang Diyos sa kanila hanggang sa puntong hindi makagambala sa kanila ang kanilang paraan ng pag-iisip, hindi na sila aasa sa mga damdamin sa kanilang buhay, lalago ang kanilang aktwal na tayog, at magagawa nilang mamuhay ayon sa mga salita ng Diyos sa loob ng realidad, at hindi na sila gagawa ng mga bagay na malabo o hungkag, at pagkatapos ay hindi na sila gagawa ng mga bagay na nagsasanhi ng mga pagkaantala. Sa ganitong paraan, mawawala na ang kanilang mga ilusyon, at mula sa panahong ito ay magiging aktwal tayog nila ang kanilang mga kilos.

Ang Katotohanang Nakapaloob sa Gawain ng Paglupig 1

Ang sangkatauhan, na napakalalim na ginawang tiwali ni Satanas, ay hindi nakakaalam na mayroong Diyos, at nahinto na sa pagsamba sa Diyos. Sa pasimula, nang sina Adan at Eba ay nilikha, ang kaluwalhatian at patotoo ni Jehova ay laging naroon. Ngunit matapos magawang tiwali, ang tao ay nawalan ng kaluwalhatian at patotoo, sapagkat ang lahat ay naghimagsik laban sa Diyos at tuluyang huminto sa paggalang sa Kanya. Ang gawain ng paglupig ngayon ay upang mabawi ang lahat ng patotoo at lahat ng kaluwalhatian, at ang lahat ng tao ay pasambahin sa Diyos, upang mayroong patotoo sa gitna ng mga nilikha; ito ang gawaing gagawin sa yugtong ito. Paano ba talaga lulupigin ang sangkatauhan? Sa pamamagitan ng paggamit ng gawain ng mga salita ng yugtong ito upang lubos na hikayatin ang tao; sa pamamagitan ng paggamit ng pagsisiwalat, paghatol, pagkastigo, at walang-awang sumpa upang lubusan siyang mahimok; sa pamamagitan ng pagsisiwalat ng pagiging mapanghimagsik ng tao at paghatol sa kanyang paglaban upang malaman niya ang di-pagkamatuwid at karumihan ng sangkatauhan, at sa gayon ay gamitin ang mga bagay na ito bilang mapaghahambingan ng matuwid na disposisyon ng Diyos. Pangunahing sa pamamagitan ng mga salitang ito na ang tao ay nalulupig at lubos na nahihikayat. Ang mga salita ang paraan tungo sa kahuli-hulihang panlulupig sa sangkatauhan, at silang lahat na tumatanggap sa paglupig ng Diyos ay dapat tumanggap sa hampas at paghatol ng mga salita. Ang proseso ng pagsasalita ngayon ay mismong ang proseso ng panlulupig. At paano ba dapat makipagtulungan ang mga tao? Sa pamamagitan ng pagkaalam kung paano kainin at inumin ang mga salitang ito, at

pagkakamit ng pagkaunawa sa mga ito. Pagdating sa kung paano nilulupig ang mga tao, ito ay hindi isang bagay na magagawa nila nang mag-isa. Ang magagawa mo lamang ay, sa pamamagitan ng pagkain at pag-inom ng mga salitang ito, malaman ang iyong katiwalian at karumihan, ang iyong pagkasuwail at iyong pagiging di-matuwid, at magpatirapa sa harap ng Diyos. Kung, pagkatapos tarukin ang kalooban ng Diyos, naisasagawa mo ito, at kung mayroon kang mga pangitain at kaya mong lubos na magpasakop sa mga salitang ito, at hindi ka gumagawa ng anumang pagpili nang mag-isa, nalupig ka na—at ito ay siyang naging resulta ng mga salitang ito. Bakit naiwala ng sangkatauhan ang patotoo? Dahil walang sinuman ang may pananampalataya sa Diyos, dahil ang Diyos ay walang puwang sa puso ng mga tao. Ang panlulupig sa sangkatauhan ay ang pagpapanumbalik ng pananampalataya ng sangkatauhan. Palaging gusto ng mga tao na tumakbo nang tumakbo sa sanlibutan, nagkakandili sila ng napakaraming inaasahan, nagnanasa nang sobra-sobra para sa kanilang kinabukasan, at may napakaraming maluhong hinihingi. Lagi nilang iniisip ang patungkol sa laman, nagpaplano para sa laman at walang interes sa paghahanap ng daan sa paniniwala sa Diyos. Ang kanilang mga puso ay naagaw na ni Satanas, naiwala na nila ang kanilang paggalang sa Diyos, at nakapirmi na sila kay Satanas. Ngunit ang tao ay nilikha ng Diyos. Sa gayon, naiwala ng tao ang patotoo, ibig sabihin ay naiwala niya ang kaluwalhatian ng Diyos. Ang layunin ng panlulupig sa sangkatauhan ay upang bawiin ang kaluwalhatian ng paggalang ng tao sa Diyos. Maaari itong sabihin nang ganito: Maraming tao ang hindi naghahangad ng buhay; kung mayroon mang ilan na naghahangad talaga ng buhay, kakaunti lamang sila. Lubhang abala ang mga tao sa kanilang mga kinabukasan at hindi sila nag-uukol ng anumang pansin sa buhay. Ang ilan ay naghihimagsik at lumalaban sa Diyos, hinuhusgahan Siya sa likod Niya, at hindi isinasagawa ang katotohanan. Hindi pinapansin ang mga taong ito sa ngayon; sa sandaling ito, walang ginagawa sa mga anak ng pagkasuwail na ito, ngunit sa hinaharap ikaw ay mabubuhay sa kadiliman, tumatangis at nagngangalit ang mga ngipin. Hindi mo nadarama ang kahalagahan ng liwanag kapag ikaw ay nabubuhay sa loob nito, ngunit matatanto mo ang kahalagahan nito sa sandaling ikaw ay nabubuhay sa madilim na gabi, at magsisisi ka sa panahong iyon. Maayos ang pakiramdam mo ngayon, ngunit darating ang araw na ikaw ay magsisisi. Kapag dumating ang araw na iyon at sumapit ang kadiliman at wala na kailanman ang liwanag, magiging huli na para magsisi. Dahil hindi mo pa rin nauunawaan ang gawain sa ngayon kaya nabibigo kang pahalagahan ang iyong panahon ngayon. Sa sandaling magsimula ang gawain ng buong sansinukob, na ang ibig sabihin ay kapag nagkatotoo na ang lahat ng Aking sinasabi sa kasalukuyan, maraming tao ang hahawak sa kanilang mga ulo at tatangis sa pagdadalamhati. At sa paggawa niyon, hindi ba nahulog na sila sa kadiliman nang tumatangis at nagngangalit ang mga ngipin? Ang lahat ng tunay na naghahangad ng buhay at ginagawang ganap ay magagamit, samantalang ang lahat ng anak ng pagkasuwail na hindi angkop para magamit ay mahuhulog sa kadiliman. Mawawala sa kanila ang gawain ng Banal na

Espiritu, at hindi nila makakayang umunawa ng anumang bagay. Kaya naman sila ay hahagulgol, dahil nasadlak na sila sa kaparusahan. Kung maayos kang sinangkapan sa yugtong ito ng gawain at lumago ka na sa iyong buhay, ikaw ay angkop na magamit. Kung hindi ka sinangkapan nang mabuti, kahit pa ikaw ay tawagin para sa susunod na yugto ng gawain, hindi ka magiging angkop na gamitin—sa puntong ito, hindi ka magkakaroon ng isa pang pagkakataon kahit na inaasam mo pang sangkapan ang sarili mo. Ang Diyos ay nakaalis na; saan ka kaya maaaring pumunta upang hanapin ang uri ng pagkakataon na nasa harap mo ngayon? Saan ka kaya maaaring pumunta upang tanggapin ang pagsasanay na personal na ipinagkakaloob ng Diyos? Sa puntong iyon, hindi personal na magsasalita o magpapahayag ang Diyos; ang magagawa mo lamang ay basahin ang mga bagay-bagay na sinasabi ngayon—paano mo ito magagawang maunawaan nang madali? Paano magiging mas mabuti ang buhay sa hinaharap kaysa buhay sa ngayon? Sa puntong iyon, hindi ka ba magdurusa ng isang napakahirap na buhay habang tumatangis ka at nagngangalit ang iyong mga ngipin? Ipinagkakaloob sa iyo ngayon ang mga pagpapala ngunit hindi mo alam kung paano tatamasahin ang mga ito; ikaw ay nabubuhay na pinagpapala, ngunit hindi mo ito namamalayan. Pinatutunayan nito na ikaw ay nakatakdang magdusa! Ngayon, ang ilang tao ay lumalaban, ang ilan ay naghihimagsik, ang ilan ay gumagawa ng ganito o ganoon, at hindi Ko lang ito pinapansin—ngunit huwag mong isipin na hindi Ko namamalayan ang inyong ginagawa. Hindi Ko ba nauunawaan ang inyong diwa? Bakit patuloy kang bumabangga sa Akin? Hindi ka ba naniniwala sa Diyos para hangarin ang buhay at mga pagpapala para sa iyong sariling kapakanan? Hindi ba para sa iyong sariling kapakanan kaya mayroon kang pananampalataya? Sa kasalukuyan, ginagampanan Ko ang gawain ng paglupig sa pamamagitan lamang ng pagsasalita, at sa sandaling matapos ang gawain ng paglupig na ito, mababanaag na ang iyong wakas. Kailangan Ko pa bang sabihin sa iyo nang deretsahan?

Ang kasalukuyang gawain ng paglupig ay naglalayong ipakita ang magiging katapusan ng tao. Bakit sinasabi na ang pagkastigo at paghatol ngayon ay paghatol sa harap ng malaking puting trono ng mga huling araw? Hindi mo ba nakikita ito? Bakit ang gawain ng paglupig ang huling yugto? Hindi ba ito ay upang tiyak na ipamalas kung anong klaseng katapusan ang sasapitin ng bawat uri ng tao? Hindi ba ito ay para hayaan ang lahat, sa pagpapatuloy ng gawain ng paglupig ng pagkastigo at paghatol, na ipakita ang kanilang tunay na mga kulay at sa gayon ay mapangkat ayon sa kanilang uri pagkatapos? Sa halip na sabihing ito ay panlulupig sa sangkatauhan, baka mas maiging sabihin na ipinapakita nito kung ano ang uri ng magiging katapusan para sa bawat uri ng tao. Ito ay tungkol sa paghatol sa mga kasalanan ng mga tao at pagkatapos ay paghahayag ng iba't ibang uri ng tao, sa gayon ay pinagpapasyahan kung sila ay masama o matuwid. Matapos ang gawain ng paglupig, susunod naman ang gawain ng paggantimpala sa mabuti at pagpaparusa sa masama. Ang mga tao na buong-buong sumusunod—ibig sabihin ang mga lubusang nalupig—ay ilalagay sa susunod na hakbang

ng pagpapalaganap ng gawain ng Diyos sa buong sansinukob; ang mga hindi nalupig ay ilalagay sa kadiliman at mahaharap sa kalamidad. Sa gayon, ang tao ay papangkatin ayon sa uri, ang mga gumagawa ng masama ay isasama sa masama, hindi na kailanman muling makakakita ng sikat ng araw, at ang mga matuwid ay isasama sa mabuti, upang tumanggap ng liwanag at mabuhay sa liwanag magpakailanman. Ang katapusan ay nalalapit na para sa lahat ng bagay; ang katapusan ng tao ay maliwanag nang ipinakita sa kanyang mga mata, at ang lahat ng bagay ay papangkatin ayon sa uri. Paano, kung gayon, makatatakas ang mga tao sa dalamhati ng pagpapangkat ng bawat isa ayon sa uri? Ang katapusan ng bawat klase ng tao ay inihahayag kapag ang katapusan ay nalalapit na para sa lahat ng bagay, at ito ay ginagawa habang nasa gawain ng panlulupig sa buong sansinukob (kabilang ang lahat ng gawain ng paglupig, simula sa kasalukuyang gawain). Ang pagbubunyag ng katapusan ng buong sangkatauhan ay ginagawa sa harap ng luklukan ng paghatol, sa pagpapatuloy ng pagkastigo, at sa pagpapatuloy ng gawain ng paglupig sa mga huling araw. Ang pagbubukud-bukod sa mga tao ayon sa uri ay hindi pagbabalik sa mga tao sa kanilang orihinal na mga uri, dahil nang likhain ang tao noong panahon ng paglikha, mayroon lamang isang uri ng tao, ang tanging paghahati ay sa pagitan ng lalaki at babae. Walang maraming iba't ibang uri ng mga tao. Pagkatapos lamang ng ilang libong taon ng katiwalian na lumitaw ang iba't ibang uri ng mga tao, na ang ilan ay nasa sakop ng maruruming diyablo, ang ilan ay nasa sakop ng masasamang diyablo, at ang ilan, yaong mga naghahangad sa daan ng buhay, sa ilalim ng kapamahalaan ng Makapangyarihan sa lahat. Sa ganitong paraan lamang unti-unting umuusbong ang mga uri sa gitna ng mga tao, at sa gayon lamang naghihiwa-hiwalay ang mga tao tungo sa mga uri sa loob ng malaking pamilya ng tao. Nagkakaroon ng iba't ibang “ama” ang lahat ng tao; hindi ito ang kalagayan na ang bawat isa ay ganap na nasa ilalim ng kapamahalaan ng Makapangyarihan sa lahat, sapagkat labis ang pagiging mapaghimagsik ng tao. Ibinubunyag ng matuwid na paghatol ang tunay na sarili ng bawat uri ng tao, walang anumang iniiwang nakatago. Ipinakikita ng bawat isa ang kanyang tunay na mukha sa liwanag. Sa puntong ito, ang tao ay hindi na ang dating siya, matagal nang naglaho ang orihinal na wangis ng kanyang mga ninuno, sapagkat ang di-mabilang na mga inapo nina Adan at Eba ay matagal nang nabihag ni Satanas, hindi na kailanman muling malalaman ang araw ng langit at sapagkat napuno na ang mga tao ng lahat ng uri ng mga lason ni Satanas. Kung kaya, ang mga tao ay mayroong kanilang angkop na mga hantungan. Bukod pa roon, sa batayan ng kanilang nagkakaibang mga lason na sila ay pinagbubukud-bukod ayon sa uri, na ang ibig sabihin ay pinagbubukud-bukod sila batay sa lawak ng pagkalupig sa kanila ngayon. Ang katapusan ng tao ay hindi isang bagay na paunang naitadhana sa simula ng paglikha ng mundo. Ito ay dahil sa pasimula ay mayroon lang iisang klase, ito ay ang sama-samang tinatawag na “sangkatauhan,” at ang tao ay hindi pa nagawang tiwali ni Satanas noong una, at lahat ng tao ay nabubuhay sa liwanag ng Diyos, nang walang kadilimang sumasapit sa kanila. Ngunit matapos na ang tao ay nagawang tiwali ni Satanas, lahat

ng klase at uri ng tao ay lumaganap sa buong lupa—lahat ng klase at uri ng tao na nanggaling sa isang pamilyang sama-samang pinangalanang “sangkatauhan” na binubuo ng mga lalaki at mga babae. Silang lahat ay inakay ng kanilang mga ninuno upang maligaw palayo sa kanilang pinakamatandang mga ninuno—ang sangkatauhang binubuo ng lalaki at babae (iyon ay, sina Adan at Eba noong simula, ang kanilang pinakamatandang mga ninuno). Sa panahong iyon, ang tanging mga taong ginagabayan ni Jehova ang mga buhay sa lupa ay ang mga Israelita. Ang iba’t ibang uri ng mga tao na lumitaw mula sa buong Israel (ibig sabihin ay mula sa orihinal na angkan ng pamilya) ay naiwala pagkatapos ang paggabay ni Jehova. Itong mga sinaunang tao, na lubusang walang-muwang sa mga usaping tungkol sa mundo ng tao, ay sumama kalaunan sa kanilang mga ninuno upang mamuhay sa mga teritoryong kanilang inangkin, na nagpapatuloy magpahanggang sa ngayon. Sa gayon, sila ay nananatili pa ring walang-muwang tungkol sa kung paano sila napalayo kay Jehova, at tungkol sa kung paano sila nagawang tiwali hanggang sa araw na ito ng lahat ng uri ng maruruming diyablo at masasamang espiritu. Silang mga malalim na nagawang tiwali at nalason hanggang ngayon—silang mga hindi na masasagip sa kahuli-hulihan—ay wala nang pagpipilian pa kundi sumama sa kanilang mga ninuno, ang maruruming diyablo na gumawa sa kanilang tiwali. Silang mga maililigtas sa kahuli-hulihan ay pupunta sa naaangkop na hantungan ng sangkatauhan, nangangahulugang sa katapusang inilaan para sa mga naligtas at nalupig. Ang lahat ay gagawin upang iligtas ang lahat ng kayang mailigtas, ngunit para sa mga taong manhid at walang-lunas, ang kanilang tanging pagpipilian ay ang sumunod sa kanilang mga ninuno papunta sa walang-hanggang hukay ng pagkastigo. Huwag mong isipin na ang iyong katapusan ay itinadhana sa pasimula at ngayon lang nabubunyag. Kung ganyan ka mag-isip, nakalimutan mo na ba na noong unang paglikha sa sangkatauhan, walang hiwalay na uring maka-Satanas ang nilikha? Nakalimutan mo na ba na tanging isang sangkatauhan na binubuo nina Adan at Eba ang nilikha (nangangahulugang tanging lalaki at babae ang mga nilikha)? Kung ikaw ay naging inapo ni Satanang sa pasimula, hindi ba nangangahulugan iyon na noong nilikha ni Jehova ang tao, nagsama Siya ng isang maka-Satanas na grupo sa Kanyang paglikha? Nakagawa kaya Siya ng isang bagay na ganoon? Nilikha Niya ang tao para sa kapakanan ng Kanyang patotoo; nilikha Niya ang tao para sa kapakanan ng Kanyang kaluwalhatian. Bakit Niya sadyang lilikhain ang isang klase na mula sa angkan ni Satanang upang kusang labanan Siya? Paano kaya magagawa ni Jehova ang gayong bagay? Kung nagawa Niya, sino ang magsasabing Siya ay isang matuwid na Diyos? Kapag sinasabi Ko ngayon na ang ilan sa inyo ay sasama kay Satanang sa katapusan, hindi ito nangangahulugang kasama ka ni Satanang mula sa pasimula; sa halip, ito ay nangangahulugang ikaw ay nagpakababa nang husto na kahit pa sinubukan ng Diyos na iligtas ka, ikaw ay nabigo pa rin na matamo ang kaligtasan na iyon. Walang pagpipilian kundi isama ka sa pangkat ni Satanang. Ito ay dahil lang ikaw ay hindi na maililigtas, hindi dahil ang Diyos ay di-matuwid sa iyo at sinadyang itakda ang iyong

kapalaran bilang pagsasakatawan ni Satanas at sa gayon isinasama ka sa pangkat ni Satanas at sadyang gusto kang magdusa. Hindi iyan ang katotohanang napapaloob sa gawain ng paglupig. Kung iyan ang iyong pinaniniwalaan, ang iyong pagkaunawa ay lubhang nakahilig sa isang panig lang! Ang kahuli-hulihang yugto ng panlulupig ay naglalayong magligtas ng mga tao, at magbunyag din ng kanilang mga katapusan. Ito ay upang isiwalat ang pagpapakasama ng mga tao sa pamamagitan ng paghatol, sa gayon ay nagsasanhi sa kanila na magsisi, bumangon, at maghangad ng buhay at ng tamang landas ng buhay ng tao. Ito ay upang gisingin ang mga puso ng mga manhid at mapurol na tao at upang ipakita, sa pamamagitan ng paghatol, ang kanilang panloob na pagiging mapaghimagsik. Subalit, kung ang mga tao ay hindi pa rin makayang magsisi, hindi pa rin makayang magpursige ng tamang landas ng buhay ng tao at hindi pa rin makayang itakwil ang mga katiwaliang ito, sila ay hindi na maililigtas, at lalamunin ni Satanas. Gayon ang kabuluhan ng panlulupig ng Diyos: upang iligtas ang mga tao, at upang ipakita rin ang kanilang mga katapusan. Magagandang katapusan, masasamang katapusan—itong lahat ay ibinubunyag ng gawain ng paglupig. Kung ang mga tao ay maliligtas o isusumpa ay ibinubunyag lahat sa panahon ng gawain ng paglupig.

Ang mga huling araw ay kung kailan ang lahat ng bagay ay pagpapangkat-pangkatin ayon sa uri sa pamamagitan ng panlulupig. Ang panlulupig ay ang gawain sa mga huling araw; sa ibang salita, ang paghatol sa mga kasalanan ng bawat tao ay ang gawain sa mga huling araw. Kung hindi, paano mapagpapangkat-pangkat ang mga tao? Ang gawain ng pagpapangkat-pangkat na ginagawa sa inyo ay ang umpisa ng gayong gawain sa buong sansinukob. Pagkatapos nito, yaong mga nasa lahat ng lupain at bayan ay isasailalim din sa gawain ng paglupig. Nangangahulugan ito na ang bawat tao sa sangnilikha ay pagpapangkat-pangkatin ayon sa uri, magpapasakop sa harap ng luklukan ng paghatol upang mahatulan. Walang tao at walang bagay ang makakatakas sa pagdurusa ng pagkastigo at paghatol na ito, at wala ring sinumang tao o bagay ang hindi papangkat-pangkatin ayon sa uri; ang bawat tao ay pagsasama-samahin ayon sa klase, dahil ang katapusan ng lahat ng bagay ay nalalapit na, at lahat ng langit at lupa ay nakarating na sa wakas nito. Paano makatatakas ang tao sa mga huling araw ng pantaong pag-iral? Kaya, gaano katagal pa makapagpapatuloy ang inyong mga gawaing pagsuway? Hindi ba ninyo nakikita na napakalapit na ang inyong mga huling araw? Paanong hindi makikita ng mga gumagalang sa Diyos at nasasabik para sa Kanya ang araw ng pagpapakita ng katuwiran ng Diyos? Paanong hindi nila matatanggap ang huling gantimpala para sa kabutihan? Ikaw ba ay isa na gumagawa ng mabuti, o isa na gumagawa ng masama? Ikaw ba ay isa na tumatanggap ng matuwid na paghatol at pagkatapos ay sumusunod, o ikaw ba ay isa na tumatanggap ng matuwid na paghatol at pagkatapos ay sinusumpa? Nabubuhay ka ba sa harap ng luklukan ng paghatol nang nasa liwanag, o nabubuhay ka ba sa gitna ng kadiliman sa Hades? Hindi ba ikaw mismo ang nakakaalam nang pinakamalinaw kung ang iyong wakas ay isa ng gantimpala o isa ng kaparusahan? Hindi

ba ikaw ang isa na nakaaalam nang pinakamalinaw at nakauunawa nang pinakamalalim na ang Diyos ay matuwid? Kaya, ano ba talaga ang wangis ng iyong pag-uugali at puso? Habang nilulupig kita ngayon, kailangan mo pa ba talagang idetalye Ko para sa iyo kung ang iyong pag-uugali ay mabuti o masama? Gaano na karami ang iyong naisuko para sa Akin? Gaano kalalim ang pagsamba mo sa Akin? Hindi ba't alam na alam mo sa sarili mo kung paano ka umaasal tungo sa Akin? Dapat mas alam mo kaysa kaninuman kung ano ang iyong kahahantungan! Totohanang sinasabi Ko sa iyo: Nilikha Ko lamang ang sangkatauhan, at ikaw ay nilikha Ko, ngunit hindi Ko kayo ipinasa kay Satanas; at hindi Ko rin sinadyang papagrebeldihin kayo o labanan Ako at samakatuwid ay maparusahan Ko. Hindi ba ang lahat ng kalamidad at paghihirap na ito ay dahil ang inyong mga puso ay sobrang matigas at ang inyong pag-uugali ay sobrang karumal-dumal? Kaya hindi ba ang inyong kahahantungan ay kayo mismo ang nagpasya? Hindi ba nalalaman ninyo sa inyong mga puso, higit sa kaninuman, kung paano kayo magwawakas? Ang dahilan kung bakit nilulupig Ko ang mga tao ay upang ibunyag sila, at upang mas matiyak ang iyong kaligtasan. Hindi ito upang itulak kang gumawa ng masama, o sadyang itulak kang lumakad papunta sa impiyerno ng pagkawasak. Pagdating ng panahon, lahat ng iyong matinding pagdurusa, ang pagtangis at pangngangalit ng iyong mga ngipin—hindi ba ang lahat ng ito ay magiging dahil sa iyong mga kasalanan? Kaya, hindi ba ang iyong sariling kabutihan o ang iyong sariling kasamaan ang pinakamahusay na paghatol sa iyo? Hindi ba ito ang pinakamahusay na katibayan kung ano ang iyong magiging wakas?

Ngayon, gumagawa Ako sa mga taong hinirang ng Diyos sa Tsina, upang ibunyag ang lahat ng kanilang mapaghimagsik na disposisyon at ilantad ang lahat ng kanilang kapangitan, at nagbibigay ito ng konteksto sa pagsasabi ng lahat ng kailangan Kong sabihin. Pagkatapos, kapag isinasakatuparan Ko ang susunod na hakbang ng gawain ng paglupig sa buong sansinukob, gagamitin Ko ang Aking paghatol sa inyo upang hatulan ang di-pagkamatuwid ng bawat isa sa buong sansinukob, sapagkat kayong mga tao ay ang mga kumakatawan sa mga mapaghimagsik sa sangkatauhan. Silang mga hindi bubuti ay magiging mga panghambing at mga gamit sa paglilingkod lamang, samantalang silang bubuti ay gagamitin. Bakit Ko sinasabi na silang mga hindi bubuti ay magsisilbi lamang bilang mga panghambing? Sapagkat ang Aking mga salita at gawain sa kasalukuyan ay nakatutok sa inyong mga pinagmulan, at dahil kayo ay naging mga kumakatawan at ang halimbawa ng mga mapaghimagsik sa buong sangkatauhan. Kalaunan, dadalhin Ko ang mga salitang ito na lumulupig sa inyo sa mga dayuhang bansa at gagamitin Ko ang mga ito upang lupigin ang mga tao roon, ngunit ang mga ito'y hindi mo nakakamtan. Hindi ka ba magiging panghambingan sa gayon? Ang mga tiwaling disposisyon ng buong sangkatauhan, ang mga mapaghimagsik na kilos ng tao, at ang mga pangit na larawan at mukha ng tao—lahat ng ito ay nakatala ngayon sa mga salita na ginagamit upang lupigin kayo. Gagamitin Ko sa gayon ang mga salitang ito upang lupigin ang mga tao sa bawat bansa at bawat denominasyon sapagkat kayo ang modelo, ang nauna. Gayunpaman, hindi Ko binalak na sadyang pabayaang kayo;

kung ikaw ay nagkukulang sa iyong paghahabol at samakatuwid pinatutunayan mong ikaw ay di-mapapagaling, hindi ba't ikaw ay magiging basta na lang isang gamit sa paglilingkod at isang panghambing Nasabi Ko minsan na ang Aking karunungan ay ginagamit batay sa mga pakana ni Satanas. Bakit Ko sinabi iyon? Hindi ba iyon ang katotohanan sa likod ng Aking sinasabi at ginagawa ngayon? Kung hindi ka bubuti, kung hindi ka nagagawang perpekto ngunit sa halip ay pinarurusahan, hindi ka ba magiging isang panghambingan? Maaaring nagdusa ka nang matindi sa iyong panahon, ngunit wala ka pa ring nauunawaan; ikaw ay mangmang sa lahat ng bagay tungkol sa buhay. Kahit na ikaw ay nakastigo at nahatulan na, hindi ka pa rin nagbago sa anumang paraan, at sa iyong kaibuturan, hindi ka nakatamo ng buhay. Pagdating ng panahon para subukin ang iyong gawain, makararanas ka ng isang pagsubok na kasingbangis ng apoy at higit pang matinding kapighatian. Gagawing abo ng apoy na ito ang iyong buong pagkatao. Bilang isa na hindi nagtataglay ng buhay, isa na wala ni isang onsang dalisay na ginto sa loob, isa na nakakapit pa rin sa dating tiwaling disposisyon, at isa na ni hindi man lang makagawa ng isang mahusay na trabaho bilang isang panghambing, paanong hindi ka maaalis? Mayroon bang silbi sa gawain ng paglupig ang isa na mas mababa pa ang halaga kaysa sa isang kusing, isa na hindi nagtataglay ng buhay? Kapag dumating ang panahong iyon, ang inyong mga araw ay magiging mas mahirap kaysa roon nina Noe at ng Sodoma! Ang iyong mga panalangin ay walang magagawang mabuti para sa iyo sa panahong iyon. Kapag natapos na ang gawaing pagliligtas, paano ka makakabalik kalaunan at mag-uumpisang muli na magsisi? Sa sandaling ang lahat ng gawain ng pagliligtas ay nagawa na, hindi na magkakaroon pa; ang magaganap ay ang simula ng gawain ng pagpaparusa sa mga yaon na masama. Ikaw ay lumalaban, ikaw ay naghihimagsik, at ikaw ay gumagawa ng mga bagay na alam mong masama. Hindi ba ikaw ang pinatutungkulan ng mabigat na kaparusahan? Nililinaw Ko ito sa iyo ngayon. Kung pipiliin mong huwag makinig, kapag sumapit sa iyo ang sakuna kinalaunan, hindi ba magiging huli na kung noon mo lamang sisimulang madama ang pagsisisi at sisimulang maniwala? Ibinibigay Ko sa iyo ang isang pagkakataon na magsisi ngayon, ngunit ayaw mo. Gaano katagal mo nais maghintay? Hanggang sa araw ba ng pagkastigo? Hindi Ko natatandaan ngayon ang iyong nakaraang mga paglabag; pinapatawad kita nang paulit-ulit, tinatalikdan ang iyong negatibong panig upang tumingin lamang sa iyong positibong panig, sapagkat lahat ng Aking salita at gawain sa kasalukuyan ay upang iligtas ka at wala Akong masamang layunin sa iyo. Ngunit tumatanggi kang pumasok; hindi mo makita ang pagkakaiba ng mabuti sa masama at hindi mo alam kung paano pahalagahan ang kagandahang-loob. Hindi ba ang gayong mga tao ay naghihintay lamang sa pagdating ng kaparusahan at matuwid na kagantihan?

Nang hinampas ni Moises ang bato, at ang tubig na ibinigay ni Jehova ay bumukal, ito ay dahil sa kanyang pananampalataya. Nang tinugtog ni David ang lira sa pagpupuri sa Akin, si Jehova—na ang kanyang puso ay puno ng kagalakan—ito ay dahil sa kanyang pananampalataya. Nang nawala kay Job ang kanyang kawan na pumupuno sa mga

bundok at ang di-masukat na kayamanan, at ang kanyang katawan ay napuno ng masasakit na pigsa, ito ay dahil sa kanyang pananampalataya. Kapag naririnig niya ang tinig Ko, si Jehova, at nakikita ang Aking kaluwalhatian, si Jehova, ito ay dahil sa kanyang pananampalataya. Nakasunod si Pedro kay Jesucristo dahil sa kanyang pananampalataya. Naipako siya sa krus alang-alang sa Akin at nakapagbigay ng maluwalhating patotoo dahil din sa kanyang pananampalataya. Nang nakita ni Juan ang maluwalhating larawan ng Anak ng tao, ito ay dahil sa kanyang pananampalataya. Nang nakita niya ang pangitain ng mga huling araw, lalo nang lahat ito ay dahil sa kanyang pananampalataya. Ang dahilan kung bakit ang sinasabing karamihan ng mga bansang Hentil ay nakatamo ng Aking paghahayag, at nakaalam na nakabalik na Ako sa katawang-tao upang gawin ang Aking gawain sa gitna ng tao, ay dahil din sa kanilang pananampalataya. Lahat niyaong hinahampas ng Aking malupit na mga salita ngunit nabibigyang-aliw ng mga iyon at inililigtas—hindi ba nila nagawa ang gayon dahil sa kanilang pananampalataya? Ang mga tao ay nakatanggap ng napakarami dahil sa kanilang pananampalataya, at hindi ito palaging pagpapala. Maaaring hindi nila matanggap ang uri ng kaligayahan at kagalakan na nadama ni David, o mapagkalooban ng tubig ni Jehova kagaya ni Moises. Halimbawa, pinagpala ni Jehova si Job dahil sa kanyang pananampalataya, ngunit nagdusa rin siya ng sakuna. Kung ikaw man ay pinagpapala o nagdurusang sakuna, kapwa itong mga pinagpalang pangyayari. Kung walang pananampalataya, hindi mo matatanggap ang gawain ng paglupig na ito, lalong hindi mamamasdan ang mga gawa ni Jehova na ipinakikita sa harap mo ngayon. Hindi mo magagawang makakita, at lalong hindi mo magagawang tumanggap. Ang mga hagupit na ito, ang mga kalamidad na ito, at ang lahat ng paghatol—kung hindi sumapit sa iyo ang mga ito, magagawa mo bang makita ang mga gawa ni Jehova ngayon? Ngayon, ang pananampalataya ang nagtutulot sa iyo na malupig, at ang pagiging nalupig ang nagtutulot sa iyo na manalig sa bawat gawa ni Jehova. Dahil lamang sa pananampalataya kaya ka nakatanggap ng gayong pagkastigo at paghatol. Sa pamamagitan ng pagkastigo at paghatol na ito, ikaw ay nilulupig at pineperpekto. Kung wala ang uri ng pagkastigo at paghatol na tinatanggap mo ngayon, ang iyong pananampalataya ay mawawalan ng kabuluhan, sapagkat hindi mo makikilala ang Diyos; kahit gaano ka naniniwala sa Kanya, ang iyong pananampalataya ay mananatiling isang hungkag na pagpapahayag na hindi nakasalig sa realidad. Matapos mo lang tanggapin ang gawaing ito ng paglupig, gawain na gumagawa sa iyo na lubos na masunurin, na ang iyong pananampalataya ay nagiging totoo, at maaasahan, at ang iyong puso ay bumabaling sa Diyos. Kahit na ikaw ay nagdurusang matinding paghatol at pagsumpa dahil sa salitang ito, “pananampalataya,” ikaw magkagayunman ay may totoong pananampalataya at ikaw ay tumatanggap ng pinakatunay, pinakatotoo, at pinakamahalagang bagay. Ito ay dahil sa pagpapatuloy lamang ng paghatol na nakikita mo ang huling hantungan ng mga nilalang ng Diyos; sa paghatol na ito mo nakikita na ang Lumikha ay dapat ibigin; sa ganitong uri ng gawain ng paglupig mo namamasdan ang bisig ng Diyos; sa panlulupig na ito ka dumarating sa lubos na pagkaunawa sa buhay

ng tao; sa panlulupig na ito mo natatamo ang tamang landas ng buhay ng tao at dumarating sa pagkaunawa sa totoong kahulugan ng “tao”; sa panlulupig na ito mo lang nakikita ang matuwid na disposisyon ng Makapangyarihan sa lahat at ang Kanyang maganda at maluwalhating mukha; sa gawain ng paglupig na ito mo natututunan ang tungkol sa pinagmulan ng tao at nauunawaan ang “walang-kamatayang kasaysayan” ng buong sangkatauhan; sa ganitong panlulupig ka dumarating sa pagkaintindi sa mga ninuno ng sangkatauhan at sa pinagmulan ng katiwalian ng sangkatauhan; sa panlulupig na ito ka nakatatanggap ng kaligayahan at kaginhawahan gayundin ng walang-katapusang pagkastigo, pagdidisiplina, at mga pangaral ng Lumikha sa sangkatauhang Kanyang nilikha; sa gawain ng paglupig na ito ka nakatatanggap ng mga pagpapala, gayundin ng mga sakuna na dapat tanggapin ng tao.... Hindi ba ang lahat ng ito ay dahil sa iyong mumunting pananampalataya? Matapos matamo ang mga bagay na ito, hindi ba lumago ang iyong pananampalataya? Hindi ka ba nakatamo ng napakalaking halaga? Hindi mo lamang narinig ang salita ng Diyos at nakita ang karunungan ng Diyos, kundi personal mo ring naranasan ang bawa’t hakbang ng Kanyang gawain. Siguro sasabihin mo na kung wala kang pananampalataya, hindi ka magdurusa ng ganitong uri ng pagkastigo o ganitong uri ng paghatol. Ngunit dapat mong malaman na kung walang pananampalataya, hindi ka lang hindi makatatanggap ng ganitong uri ng pagkastigo o ganitong uri ng pagkalinga mula sa Makapangyarihan sa lahat, kundi magpakailanman maiwawala mo ang pagkakataong makatagpo ang Lumikha. Hinding-hindi mo malalaman ang pinagmulan ng sangkatauhan at hindi mauunawaan kailanman ang kabuluhan ng buhay ng tao. Kahit na ang iyong katawan ay mamatay at ang iyong kaluluwa ay yumao, hindi mo pa rin mauunawaan ang lahat ng gawa ng Lumikha, lalong hindi mo malalaman na gumawa ng gayong kadakilang gawain sa mundo ang Lumikha matapos Niyang likhain ang sangkatauhan. Bilang kasapi nitong sangkatauhan na Kanyang ginawa, ikaw ba ay pumapayag na walang-muwang na mahulog sa kadiliman nang ganito at magdusa ng walang-hanggang kaparusahan? Kung ihihiwalay mo ang iyong sarili sa pagkastigo at paghatol ngayon, ano ang iyong kakatagpuin? Sa tingin mo ba na kapag maihiwalay mula sa kasalukuyang paghatol, makatatakas ka sa mahirap na buhay na ito? Hindi ba totoo na kung lilisanin mo ang “lugar na ito,” ang iyong haharapin ay masakit na pagpapahirap o malulupit na pinsalang ipinataw ng diyablo? Maaari ka bang maharap sa di-makayanang mga araw at mga gabi? Sa tingin mo ba dahil lang tinatakan mo ang paghatol na ito ngayon, magpakailanman mong maiiwasan ang pagpapahirap sa hinaharap? Ano kaya ang darating sa iyo? Ito kaya ang Shangri-La na iyong inaasahan? Sa tingin mo ba ay matatakan mo ang walang-hanggang pagkastigo sa hinaharap sa pamamagitan lang ng pagtakas sa realidad gaya ng iyong ginagawa ngayon? Pagkatapos ng ngayon, makahahapan ka pa kaya muli ng ganitong uri ng pagkakataon at ganitong uri ng pagpapala? Matatagpuan mo ba ang mga ito kapag dinatnan ka ng sakuna? Matatagpuan mo ba ang mga ito kapag ang buong sangkatauhan ay pumasok na sa kapahingahan? Ang kasalukuyang masaya mong buhay at ang iyong magkaayong

munting pamilya—makakahalili ba sila sa iyong walang-hanggang hantungan sa hinaharap? Kung ikaw ay may totoong pananampalataya, at kung marami kang natatamo dahil sa iyong pananampalataya, lahat ng iyan ay ang dapat mo—na isang nilalang—na matamo at gayundin ay ang dapat mong taglay noon pa man. Wala nang mas kapaki-pakinabang sa iyong pananampalataya at buhay kaysa gayong panlulupig.

Ngayon, kailangan mong maunawaan kung ano ang hinihingi ng Diyos sa mga nilulupig, kung ano ang Kanyang saloobin sa mga ginagawang perpekto, at kung ano ang dapat mong pasukin sa kasalukuyan. Ang ilang bagay ay kailangan mo lamang maunawaan nang kaunti. Ang ilang salita ng hiwaga ay hindi mo na kailangan pang suriin; hindi gaanong nakatutulong ang mga ito sa buhay, at sapat na ang sulyapan lamang ang mga ito. Nakakabasa ka ng mga misteryong kagaya ng misteryo tungkol kina Adan at Eba: kung tungkol saan sina Adan at Eba noong panahong iyon, at kung anong gawain ang gusto ng Diyos na gawin ngayon. Kailangan mong maunawaan na sa paglupig at sa pagpeperpekto ng tao, ninanais ng Diyos na ibalik ang tao sa naging kalagayan nina Adan at Eba. Sa iyong puso, dapat kang magkaroon ng mabuting ideya kung gaano kaperpekto dapat ang tao upang makaabot sa pamantayan ng Diyos, at pagkatapos ay sikap mong maabot ito. Iyon ay nakaugnay sa iyong pagsasagawa, at ito ay isang bagay na dapat mong maunawaan. Sapat na na hangarin mong pumasok alinsunod sa mga salita tungkol sa mga usaping ito. Kapag nababasa mo na “Sampu-sampung libong taon ng kasaysayan ang kinailangan upang marating ng sangkatauhan ang kinalalagyan nila ngayon,” nagiging interesado ka, at kaya tinatangka mong alamin ito kasama ng mga kapatid. “Sinasabi ng Diyos na ang pag-unlad ng sangkatauhan ay nagsimula anim na libong taon na ang nakararaan, tama? Ano itong tungkol sa sampu-sampung libong taon na ito?” Ano ang kabuluhan ng pagtatangkang tuklasin ang sagot sa tanong na ito? Kung ang Diyos man ay gumagawa na sa loob ng sampu-sampung libong taon o sa loob ng daan-daang milyong taon—kailangan ba talaga Niyang malaman mo ang tungkol dito? Hindi ito isang bagay na dapat mong malaman bilang isang nilikha. Hayaan mo lamang ang sarili mo na sandaling isaalang-alang ang ganitong uri ng usapin, at huwag subukang unawain ito na para bang ito ay isang pangitain. Dapat may kamalayan ka sa kung ano ang dapat mong pasukin at maunawaan ngayon, at pagkatapos ay matibay na panghawakan ito. Saka ka pa lamang malulupig. Pagkatapos basahin ang nasa itaas, dapat kang magkaroon ng normal na reaksiyon: Ang Diyos ay nag-aapoy sa kabalisahan. Nais Niyang lupigin tayo at magtamo ng kaluwalhatian at patotoo, kaya paano tayo dapat makipagtulungan sa Kanya? Ano ang dapat nating gawin upang ganap Niya tayong malupig at maging Kanyang patotoo? Ano ang dapat nating gawin upang magawa ng Diyos na magtamo ng kaluwalhatian? Ano ang dapat nating gawin upang tulutan ang mga sarili natin na mabuhay sa ilalim ng kapamahalaan ng Diyos at hindi sa ilalim ng sakop ni Satanas? Ito ang dapat na pinag-iisipan ng mga tao. Ang bawat isa sa inyo ay dapat malinaw tungkol sa kabuluhan ng paglupig ng Diyos. Iyon ay pananagutan ninyo. Pagkatapos lamang na matamo ang kaliwanagang ito saka kayo magkakaroon ng

pagpasok, malalaman ang yugtong ito ng gawain, at magiging ganap na masunurin. Kung hindi, hindi ninyo makakamit ang tunay na pagsunod.

Bakit Ayaw Mong Maging Panghambing?

Yaong mga nilulupig ay mga panghambing, at matapos lamang magawang perpekto nagiging mga huwaran at uliran ng gawain sa mga huling araw ang mga tao. Bago magawang ganap sila ay mga panghambingan, kasangkapan, at mga gamit rin para sa pagserbisyo. Yaong mga lubusang nalupig na ng Diyos ang pagkakabuo-buo ng Kanyang gawain ng pamamahala, at ang mga huwaran at uliran din. Ang mga salitang ito na nagamit ko para ilarawan ang gayong mga tao ay maaaring hindi kapansin-pansin, ngunit inihahayag ng mga ito ang maraming nakatutuwang kuwento. Kayo na kakatiting ang pananampalataya ay palaging magtatalo tungkol sa isang hindi kapansin-pansing titulo hanggang sa mamula ang inyong mukha, at kung minsan ay nasisira pa ang mga relasyon dahil dito. Bagama't hamak na titulo lamang ito, sa inyong pag-iisip at sa inyong paniniwala, hindi lamang ito higit pa sa isang titulong walang kabuluhan, kundi isang mahalagang bagay patungkol sa inyong kapalaran. Kaya yaong hindi makatwiran ay malimit na daranas ng malaking kawalan dahil sa maliit na bagay na katulad nito—ito ay pagsasalba ng kaunti, para lamang mawalan ng malaki. Dahil lamang sa isang walang-kabuluhang titulo, lalayas kayo at hindi na magbabalik kailanman. Ito ay dahil sa tingin ninyo ay walang halaga ang buhay at masyado ninyong pinahahalagahan ang mga titulo ninyo. Kaya sa inyong mga espirituwal na buhay, at kahit sa inyong mga praktikal na buhay, malimit kayong bumubuo ng maraming kumplikado at kakaibang kuwento dahil sa inyong mga kuru-kuro tungkol sa katayuan. Marahil ay hindi ninyo ito aaminin, ngunit sasabihin Ko sa inyo na talagang may ganitong mga tao sa tunay na buhay, bagama't hindi pa kayo nalantad nang isa-isa. Ang ganitong klaseng mga bagay ay nangyari na sa buhay ng bawat isa sa inyo. Kung hindi kayo naniniwala rito, tingnan na lang ninyo ang maikling kuwento sa ibaba mula sa buhay ng isang kapatid. Posibleng ikaw talaga ang taong iyan, o marahil ay isa itong pamilyar na tao sa buhay mo. Kung hindi Ako nagkakamali, ang maikling kuwentong ito ay naglalarawan ng isang karanasang nangyari na sa iyo. Walang kulang sa paglalarawan, wala ni isang kaisipan o ideyang hindi naisama, kundi nakatalang lahat nang buong-buo sa loob ng kuwentong ito. Kung hindi ka naniniwala rito, basahin mo na lang muna.

Ito ay isang munting karanasan mula sa isang “espirituwal na tao.”

Nabalisa siya nang makita niya na marami sa mga ginawa ng mga kapatid sa iglesia ang hindi nakaayon sa kalooban ng Diyos, kaya sinimulan niya silang pagalitan, sinasabing: “Napakasama ninyo! Wala man lang ba kayong konsiyensya? Bakit ba talaga kayo gumagawa ng masasama? Bakit hindi ninyo hanapin ang katotohanan sa halip na gawin kung ano ang gusto ninyo? ... At kayo ang sinasabihan ko ng mga bagay

na ito, ngunit kasabay nito ay ang sarili ko ang kinamumuhian ko. Nakikita ko na nag-aalab sa pagkayamot ang Diyos at ramdam kong nag-aalab ang kalooban ko. Talagang handa akong lubos na isakatuparan ang gawaing naipagkatiwala sa akin ng Diyos at talagang nais ko kayong paglingkuran. Kaya lang ay hinang-hina ako ngayon. Napakaraming panahon nang nagugol sa atin ang Diyos at nagsalita na Siya ng napakaraming salita, ngunit ganito pa rin tayo. Sa puso ko, lagi kong nadarama na napakalaki ng pagkakautang ko sa Diyos....” (Nagsimula siyang umiyak, at hindi na nakapagsalita.) Pagkatapos ay nagsimula siyang manalangin: “Diyos ko! Isinasamo ko bigyan Mo ako ng lakas at antigin Mo ako nang higit kaysa rati, at nawa’y gumawa sa akin ang Iyong Espiritu. Handa akong makipagtulungan sa Iyo. Hangga’t nagtatamo Ka ng kaluwalhatian sa huli, handa ako ngayon mismo na ibigay nang buong-buo ang aking sarili sa Iyo, kahit kailanganin ko pang itaya ang aking buhay. Nais naming maghandog ng malalaking papuri upang makakanta at makasayaw nang may kagalakan ang mga kapatid sa pagpuri sa Iyong banal na pangalan, luwalhatiin Ka, ihayag Ka, patunayan na ang Iyong gawain ay totoo at ibigay sa Iyo ang lahat ng malasakit para sa mga pasanin dala-dala Mo....” Masigasig siyang nanalangin sa ganitong paraan, at talagang binigyan siya ng pasanin ng Banal na Espiritu. Sa oras na ito, labis siyang nabigatan, at ginugol niya ang buong araw sa pagbabasa, pagsusulat, at pakikinig. Abalang-abala siya talaga. Napakaganda ng kanyang espirituwal na kalagayan, at sa kanyang puso, palagi siyang masigasig at nabibigatan. Paminsan-minsan ay mahina siya at may problema, ngunit hindi iyon nagtatagal at bumabalik ang kanyang normal na kalagayan. Pagkaraan ng kaunting panahong kagaya nito, naging mabilis ang kanyang pagsulong, nagawa niyang magtamo ng kaunting pagkaunawa sa marami sa mga salita ng Diyos, at mabilis din siyang natuto ng mga himno—sa pangkalahatan, napakaganda ng kanyang espirituwal na kalagayan. Nang makita niya na maraming bagay sa iglesia ang hindi naaayon sa kalooban ng Diyos, nabalisa siya at sinisi niya ang kanyang mga kapatid, sinasabing: “Ito ba ang katapatan sa inyong tungkulin? Bakit hindi man lamang kayo makapagsakripisyo kahit kaunti? Kung ayaw ninyong gawin iyan, ako na lang....”

Kahit mayroon siyang pasanin, mas lumakas ang kanyang pananampalataya nang mas lalo pang gumawa ang Banal na Espiritu. Paminsan-minsan ay nakakaranas siya ng ilang paghihirap at nagiging negatibo, ngunit nagawa niyang madaig ang mga ito. Ibig sabihin, nang maranasan niya ang gawain ng Banal na Espiritu, kahit maganda ang kanyang kundisyon, hindi niya pa rin maiwasang makaranas ng ilang paghihirap o kaunting panghihina. Hindi maiwasang mangyari ang mga bagay na ito, ngunit hindi nagtagal ay nagawa niyang makaalpas mula sa mga kalagayang iyon. Kapag nakakaranas siya ng panghihina, nagdarasal siya at nadarama niya na talagang kulang ang kanyang sariling tayog, ngunit handa siyang makipagtulungan sa Diyos. Anuman ang ginawa ng Diyos, handa siyang palugurin ang Kanyang kalooban at sundin ang lahat ng Kanyang pagsasaayos. May ilang tao na may ilang opinyon at pagkiling tungkol sa kanya, ngunit nagawa niyang kalimutan ang kanyang sarili at aktibong makibahagi

sa kanila. Ganito ang mga kalagayan ng mga tao kapag isinasakatuparan ng Banal na Espiritu ang Kanyang normal na gawain. Pagkaraan ng kaunting panahon, nagsimulang magbago ang gawain ng Diyos, at pumasok ang lahat ng tao sa isa pang hakbang ng gawain, kung saan iba ang mga hinihingi ng Diyos sa kanila. Kaya may mga bagong salitang sinambit na gumawa ng mga bagong hinihingi sa mga tao: "... Pagkasuklam lamang ang mayroon Ako para sa inyo, hindi kailanman mga pagpapala. Hindi Ko naisip kailanman na pagpalain kayo, ni naisip Ko na gawin kayong ganap, dahil napakasuwail ninyo. Dahil kayo ay buktot at mapanlinlang, at dahil kulang ang inyong kakayahan at mababa ang inyong katayuan, hindi Ko kayo nabantayan ni sumapuso Ko kailanman. Ang gawain Ko ay ginagawa na ang layon lamang ay hatulan kayo; ang Aking kamay ay hindi kailanman napalayo sa inyo, ni ang Aking pagkastigo. Patuloy Ko kayong hinatulan at isinumpa. Dahil wala kayong pagkaunawa tungkol sa Akin, ang Aking poot ay palagi nang sumasainyo. Bagama't palagi na Akong gumagawa sa inyo, dapat ninyong malaman ang Aking saloobin sa inyo. Iyon ay walang iba kundi pagkainis—wala nang ibang saloobin o opinyon. Nais Ko lamang kayong kumilos bilang mga panghambing ng Aking karunungan at ng Aking dakilang kapangyarihan. Kayo ay walang iba kundi mga panghambingan Ko dahil ang Aking katuwiran ay nabubunyag sa pamamagitan ng inyong pagkasuwail. Pinakikilos Ko kayo bilang mga mapaghahambingan ng Aking gawain, upang maging mga karagdagan sa Aking gawain...." Sa sandaling nakita niya ang mga salitang "mga karagdagan" at "mga panghambingan," nagsimula siyang mag-isip: "Paano ako dapat sumunod ayon sa mga salitang ito? Kahit malaki na ang isinakripisyo ko, isa pa rin akong panghambing. Hindi ba tagapagsilbi lamang ang isang panghambing? Noong araw sinabi na hindi tayo magiging mga tagapagsilbi, na tayo ay magiging mga tao ng Diyos, subalit hindi ba nasa tungkulin pa rin tayo ngayon ng mga tagapagsilbi? Hindi ba walang buhay ang mga tagapagsilbi? Gaano man katindi ang tinitiiis kong pagdurusa, hindi ako pupurihin ng Diyos dahil dito! Pagkatapos kong maging isang panghambing, hindi pa ba tapos iyon? ..." Habang mas iniisip niya ang tungkol doon, mas nalulungkot siya. Lalo pang sumama ang kanyang pakiramdam nang magtungo siya sa iglesia at makita ang kalagayan ng kanyang mga kapatid: "Hindi kayo okey! Hindi ako okey! Naging negatibo na ako. Ugh! Ano ang maaari nating gawin? Ayaw pa rin sa atin ng Diyos. Sa paggawa ng ganitong klaseng gawain, walang paraan na hindi Niya tayo gagawing negatibo. Hindi ko alam kung ano ang mali sa akin. Ni ayaw kong manalangin. Gayon pa man, hindi ako okey ngayon at hindi ako talaga makapag-ipon ng kagustuhan ng kalooban. Maraming beses na akong nanalangin ngunit hindi ko pa rin kaya, at hindi ako handang magpatuloy. Ganito ang tingin ko rito. Sinasabi ng Diyos na tayo ay mga panghambing, kaya hindi ba mga tagapagsilbi lamang ang mga panghambing? Sinasabi ng Diyos na tayo ay mga panghambing, hindi mga anak Niya, at hindi rin tayo mga tao Niya. Hindi Niya tayo mga anak, lalong hindi Niya mga panganay na anak. Wala tayong kuwenta, mga panghambingan lamang. Kung ganyan nga tayo, posible ba tayong magkaroon ng magandang kalalabasan? Ang mga

panghambing ay walang pag-asa dahil wala silang buhay. Kung tayo ay Kanyang mga anak, Kanyang mga tao, may pag-asa ryan—maaari tayong magawang ganap. Maaari bang taglayin ng mga panghambing ang buhay ng Diyos? Maaari bang lagyan ng Diyos ng buhay yaong mga nagsisilbi sa Kanya? Yaong mga minamahal Niya ay yaong mga nagtataglay ng Kanyang buhay, at yaon lamang mga nagtataglay ng Kanyang buhay ang Kanyang mga anak, Kanyang mga tao. Bagama't negatibo ako at mahina, sana lahat kayo'y hindi negatibo. Alam ko na ang pag-urong at pagiging negatibong gaya nito ay hindi makalulugod sa kalooban ng Diyos, ngunit ayaw kong maging panghambing. Natatakot akong maging panghambing. Gayon pa man, kakaunti lang ang aking lakas, at hindi ko kayang magpatuloy ngayon. Sana'y hindi gawin ng sinuman sa inyo ang aking nagawa, kundi magawa ninyong makakuha ng kaunting inspirasyon mula sa akin. Pakiramdam ko mas mabuti pang mamatay na lang ako! liwanan ko sa inyo ang ilang huling pananalita bago ako mamatay—sana'y makakilos kayo bilang mga panghambingan hanggang sa huli; siguro sa bandang huli, pupurihin ng Diyos ang mga panghambing....”

Nang makita ito ng mga kapatid, nagtaka sila: “Paano siya naging napakanegatibo? Hindi ba napakaayos naman niya nitong mga huling araw? Bakit biglang nawala ang kanyang sigla? Bakit hindi siya normal?” Sabi niya: “Huwag mong sabihing hindi ako normal. Ang totoo, malinaw sa puso ko ang lahat. Alam ko na hindi ko pa napalugod ang kalooban ng Diyos, ngunit hindi ba dahil lamang iyan sa ayaw kong kumilos bilang Kanyang panghambing? Wala akong nagawang masama. Marahil ay babaguin ng Diyos balang araw ang titulong ‘mga panghambing’ at gagawin Niyang ‘mga nilalang,’ at hindi lamang iyan, kundi Kanyang mga nilalang na kinakasangkapan Niya sa mahahalagang paraan. Hindi ba may kaunting pag-asa rito? Sana'y hindi kayo maging negatibo o manghina, at patuloy kayong makasunod sa Diyos at magawa ninyo ang lahat para magsilbing mga panghambingan. Ano't anuman, hindi ko kayang magpatuloy. Huwag ninyong hayaang mapaghigpitan kayo ng aking mga kilos.” Narinig iyan ng ibang mga tao, at sabi nila: “Kahit tumigil ka sa pagsunod sa Kanya, magpapatuloy kami, sapagkat hindi kami trinato ng Diyos nang hindi patas kailanman. Hindi kami magpapapigil sa iyong pagiging negatibo.”

Matapos dumaan sa karanasang ito nang kaunting panahon, negatibo pa rin siya tungkol sa pagiging panghambing, kaya sinabi Ko sa kanya: “Hindi mo nauunawaan ang Aking gawain. Hindi mo nauunawaan ang napapaloob na katotohanan, diwa, o mga nilalayong resulta ng Aking mga salita. Hindi mo alam ang mga mithiin ng Aking gawain, ni ang karunungan nito. Hindi mo nauunawaan ang Aking kalooban. Ang alam mo lamang ay umurong dahil isa kang panghambing—nag-aabala kang masyado sa katayuan! Napakahangal mo! Napakarami Ko nang nasabi sa iyo noong araw. Sinabi Ko nang gagawin kitang perpekto; nalimutan mo na ba? Hindi ko ba binanggit ang pagpeperpekto bago Ko pa binanggit ang mga panghambing?” “Teka lang, hayaan mong pag-isipan ko ito. Oo, tama iyan! Sinabi mo nga ang mga bagay na iyon bago Mo pa binanggit ang tungkol sa mga panghambing!” “Nang magsalita Ako tungkol sa

pagpeperpekto, hindi ba sinabi Ko na pagkatapos malupig ang mga tao, saka lamang sila gagawing perpekto?” “Oo!” “Hindi ba taos-puso ang Aking mga salita? Hindi ba sinambit ang mga iyon nang matapat?” “Oo! Isa Kang Diyos na wala pang nasabing anuman na hindi matapat kahit kailan—walang sinumang mangangahas na ikaila ito. Ngunit napakarami Mong paraan ng pagsasalita.” “Hindi ba nagbabago ang mga paraan ng Aking pagsasalita ayon sa iba’t ibang mga hakbang ng gawain? Hindi ba ginagawa at sinasambit ang mga bagay na Aking sinasabi batay sa iyong mga pangangailangan?” “Ikaw ay gumagawa ayon sa mga pangangailangan ng mga tao at ipinagkakaloob Mo ang kanilang mga pangangailangan. Totoo iyan!” “Kung gayon hindi ba kapaki-pakinabang ang mga bagay na nasabi Ko sa iyo? Hindi ba naisakatuparan ang Aking mga pagkastigo para sa iyong kapakanan?” “Paano Mo pa rin nasasabi na para iyon sa kapakanan ko! Halos mamatay na ako sa pagkastigo Mo—ayaw ko nang mabuhay pa. Ito ang sinasabi Mo ngayon, bukas iba na ang sinasabi Mo. Alam kong ang Iyong paggawang perpekto sa akin ay para sa sarili kong kapakanan, ngunit hindi Mo pa ako nagawang perpekto—ginagawa Mo akong mapaghahambing at kinakastigo Mo pa rin ako. Kinamumuhian Mo ako, hindi ba? Walang nangangahas na maniwala sa Iyong mga salita, at ngayon ko lamang nakita nang malinaw na ang Iyong pagkastigo ay para lamang lunasan ang pagkamuhi sa puso Mo, hindi para iligtas ako. Itinago Mo sa akin ang katotohanan noon; sabi Mo, gagawin Mo akong perpekto at na ang pagkastigo ay para gawin akong perpekto. Kaya sinunod ko na palagi ang Iyong pagkastigo; hindi ko naisip kailanman na tatawagin ako ngayong isang panghambing. Diyos ko, hindi ba mas mabuti kung iba na lang ang ipinaganap Mo sa akin? Kailangan Mo ba akong paganapin bilang isang panghambing? Tatanggapin ko kahit ang maging bantay sa pasukan ng kaharian. Paroo’t parito ako at ginugugol ko ang sarili ko, ngunit sa huli ay wala akong napala—walang-wala ako. Subalit kahit ngayon ay sinasabi Mo sa akin na pagaganapin Mo ako bilang Iyong panghambing. Paano ko maipapakita man lamang ang aking mukha?” “Ano ba ang pinagsasabi mo? Napakarami Ko nang ginawang pagkastigo noong araw, at hindi mo pa rin nauunawaan iyon? Wala ka bang tunay na pagkaunawa sa iyong sarili? Hindi ba ang titulong ‘panghambing’ ay paghatol din ng mga salita? Palagay mo ba lahat ng sinasabi Ko tungkol sa mga panghambing ay isa ring pamamaraan, isang paraan ng paghatol sa iyo? Kung gayon ay paano mo Ako susundin?” “Wala pa akong plano kung paano Kita susundin. Kailangan ko munang malaman: Ako ba ay isang panghambing o hindi? Magagawa rin bang perpekto ang mga panghambing? Maaari bang baguhin ang titulong ‘panghambing’? Maaari ba akong magpatotoo nang matunog bilang isang panghambing, at pagkatapos ay maging isang tao na ginagawang perpekto, na isang huwaran ng pagmamahal sa Diyos, at kaniig ng Diyos? Magagawa ba akong ganap? Sabihin Mo sa akin ang totoo!” “Hindi mo ba alam na ang mga bagay-bagay ay laging yumayabong, laging nagbabago? Basta’t handa ka ngayong maging masunurin sa iyong papel bilang isang panghambing, magagawa mong magbago. Walang kinalaman sa iyong tadhana kung isa kang panghambing o hindi. Ang

mahalaga ay kung ikaw ay maaaring maging isang tao na mayroong pagbabago sa kanyang disposisyon sa buhay o hindi.” “Puwede Mo bang sabihin sa akin kung magagawa Mo akong perpekto o hindi?” “Basta’t tumatalima at sumusunod ka hanggang sa huli, ginagarantiyahan Ko na magagawa Kitang perpekto.” “At anong klaseng pagdurusa ang kakailanganin kong maranasan?” “Daranas ka ng kahirapan, gayundin ng paghatol at pagkastigo ng mga salita, lalo na ng pagkastigo ng mga salita, na kapareho ng pagkastigo ng pagiging isang panghambing!” “Na kapareho ng pagkastigo bilang isang panghambing? Kung magagawa Mo akong perpekto sa pamamagitan ng pagdanas ng kahirapan, kung may pag-asa, ayos iyan. Kahit katiting na pag-asa lamang, mas mabuti na iyon kaysa maging isang panghambing. Napakasamang pakinggan ng titulong iyon, ‘panghambing.’ Ayaw kong maging isang panghambing!” “Ano ba ang napakasama sa mga panghambing? Hindi ba may lubos na kabutihan naman ang mga panghambing sa sarili nila? Hindi ba karapat-dapat na magtamasa ng mga pagpapala ang mga panghambing? Kung sasabihin Ko na maaaring magtamasa ng mga pagpapala ang mga panghambing, magagawa mong magtamasa ng mga pagpapala. Hindi ba totoo na nagbabago ang mga titulo ng mga tao dahil sa Aking gawain? Subalit labis ang pagkaligalig mo sa isang titulo lamang? Ang katotohanan na ganitong klase kang panghambing ay nararapat sa iyo. Handa ka bang sumunod o hindi?” “Magagawa Mo ba akong ganap o hindi? Matutulutan Mo ba akong tamasahin ang iyong mga pagpapala?” “Handa ka bang sumunod hanggang sa huli o hindi? Handa ka bang ialay ang iyong sarili?” “Pag-iisipan ko pa. Ang isang panghambing ay maaari ring magtamasa ng iyong mga pagpapala, at maaaring magawang ganap. Pagkatapos na magawang ganap ay magiging kaniig Mo ako at mauunawaan ko ang Iyong buong kalooban, at tataglayin ko yaong taglay Mo. Matatamasa ko ang Iyong tinatamasa, at malalaman ko ang Iyong nalalaman. ... Matapos dumanas ng kahirapan at magawang perpekto, magtatamasa ako ng mga pagpapala. Kung gayon anong mga pagpapala ba ang talagang matatamasa ko?” “Huwag mong alalahanin kung anong mga pagpapala ang iyong tatamasahin. Kahit sabihin Ko sa iyo, hindi mo kayang isipin ang mga bagay na ito. Matapos maging isang mabuting panghambing, ikaw ay malulupig, at magiging isang matagumpay na panghambing. Ito ay isang huwaran at uliran ng isang taong nalupig, ngunit siyempre maaari ka lamang maging isang huwaran at uliran matapos kang malupig.” “Ano ang isang huwaran at uliran?” “Ito ay isang huwaran at uliran para sa lahat ng Hentil, ibig sabihin, yaong mga hindi pa nalupig.” “Ilang tao ang kabilang doon?” “Napakaraming tao. Hindi lamang kayong apat o limang libo—lahat ng tumatanggap sa pangalang ito sa buong mundo ay kailangang malupig.” “Hindi lamang pala lima o sampung lungsod!” “Huwag mong alalahanin iyan ngayon, at huwag kang masyadong mag-alala. Magtuon ka lamang sa kung paano ka makakapasok ngayon mismo! Ginagarantiyahan Ko na maaari kang magawang ganap.” “Hanggang anong antas? At anong mga pagpapala ang maaari kong tamasahin?” “Bakit ba masyado kang nag-aalala? Ginarantiyahan Ko na na maaari kang magawang ganap. Nalimutan mo na

ba na mapagkakatiwalaan Ako?” “Totoo ngang mapagkakatiwalaan Ka, ngunit laging nagbabago ang ilan sa Iyong mga pamamaraan ng pagsasalita. Ngayon ay sinasabi Mo na ginagarantiyahan Mo na maaari akong magawang ganap, ngunit bukas maaari Mong sabihin na hindi ito sigurado. At sinasabi mo sa ilang tao na ‘Ginagarantiyahan Ko na ang isang tulad mo ay hindi maaaring magawang ganap.’ Hindi ko alam kung ano ang nangyayari sa Iyong mga salita. Hindi na lamang ako nangangahas na paniwalaan iyon.” “Kung gayon ay maaari mo bang ialay ang iyong sarili o hindi?” “Ialay ang ano?” “Ialay ang iyong kinabukasan at iyong mga inaasam.” “Madaling talikuran ang mga bagay na iyan! Ang pinakamahalaga ay ang titulong ‘panghambing’—talagang ayaw ko iyan. Kung aalisin Mo sa akin ang titulong iyan, tatanggapin ko ang kahit ano, magagawa ko ang kahit ano. Hindi ba maliliit na bagay lamang ang mga ito? Maaari Mo bang alisin ang titulong iyan?” “Madali lang iyan, hindi ba? Kung kaya Kong ibigay sa iyo ang titulong iyan, tiyak na kaya Ko ring bawiin iyan. Ngunit hindi pa ngayon. Kailangan mo munang tapusin ang iyong karanasan sa hakbang na ito ng gawain, at saka ka lamang makapagtatamo ng bagong titulo. Kapag mas kagaya mo ang isang tao, mas kailangan niyang maging isang panghambing. Kapag mas takot ka sa pagiging isang panghambing, mas tatawagin Kitang ganoon. Ang isang taong kagaya mo ay kailangang mahigpit na disiplinahin at pakitunguhan. Kapag mas suwail ang isang tao, mas magiging tagapagsilbi sila, at sa huli, wala silang mapapala.” “Yamang masigasig akong naghahanap, bakit hindi ko maiwaksi ang titulong ‘panghambing’? Sinunod Ka na namin nang maraming taon at nagdusa na nang malaki. Marami na kaming nagawa para sa Iyo. Sumabak na kami sa hangin at ulan; nasa mga huling taon na kami ng aming kabataan. Hindi na kami nag-asawa ni nagsimula ng pamilya, at yaong mga kasama namin na nakagawa na noon ay lumalabas pa rin. Nag-aral ako hanggang high school, ngunit nang mabalitaan kong dumating Ka na, tinalikuran ko ang pagkakataon kong mag-aral sa unibersidad. At sinasabi Mo na kami ay mga panghambing! Napakarami nang nawala sa amin! Ginagawa namin ang lahat ng ito, ngunit lumalabas na kami ay Iyong mga panghambingan lamang. Ano ang iisipin sa akin ng dati kong mga kaklase at kapantay? Kapag nakita nila ako at nagtanong sila tungkol sa aking posisyon at katayuan, paanong hindi ako mahihiyang sabihin sa kanila? Noong una, ginawa ko ang lahat dahil sa aking paniniwala sa Iyo, at nilait ako ng lahat ng iba pa dahil tanga raw ako. Ngunit sumunod pa rin ako at nanabik sa panahon na darating ang araw ko, kung kailan maipapakita ko sa lahat ng yaon na hindi naniwala. Ngunit sa halip, ngayon ay sinasabi Mo sa akin na isa akong panghambing. Kung ibinigay Mo sa akin ang pinakamababa sa lahat ng titulo, kung tinulutan Mo akong maging isa sa mga tao ng kaharian, ayos lang iyan! Kahit hindi ako maaaring maging Iyong disipulo o pinagkakatiwalaan, ayos lang ako na maging Iyong alagad lamang! Sinunod Ka na namin sa lahat ng taong nagdaan, tinalikuran ang aming pamilya, at lubha kaming nahirapang magpatuloy na maghanap hanggang ngayon, at ang napala lamang namin ay ang titulong ‘panghambing’! Tinalikuran ko na ang lahat para sa Iyo; isinuko ko na

ang lahat ng makamundong yaman. Noon, ipinakilala ako ng isang tao sa isang potensyal na mapapangasawa. Talagang guwapo siya at magandang manamit; anak siya ng isang opisyal ng gobyerno na mataas ang katungkulan. Noon ay interesado ako sa kanya. Ngunit nang mabalitaan ko na nagpakita na ang Diyos at isinasakatuparan ang Kanyang gawain, na aakayin Mo kami patungo sa kaharian at gagawin kaming perpekto, at na hiniling Mo sa amin na magkaroon ng matibay na pagpapasya na huwag mag-aksaya ng panahon sa pag-iwan sa lahat ng bagay, nang mabalitaan ko iyon, nakita ko na kulang na kulang ako sa matibay na pagpapasya. Sumunod ay tinibayan ko ang aking sarili at tinanggihan ko ang pagkakataong iyon. Pagkatapos niyon, ilang beses siyang nagpadala ng mga regalo sa aking pamilya, ngunit ni hindi ko tiningnan ang mga iyon. Palagay Mo ba masama ang loob ko noon? Napakagandang bagay niyon, at nauwi lamang sa wala. Bakit hindi sasama ang loob ko? Ilang araw na masama ang loob ko kaya hindi ako makatulog sa gabi, ngunit sa huli ay hinayaan ko na rin iyon. Sa bawat pagdarasal ko, inantig ako ng Banal na Espiritu, na nagsabing: ‘Handa ka bang isakripisyo ang lahat para sa Akin? Handa ka bang gugulin ang iyong sarili para sa Akin?’ Tuwing iniisip ko ang mga salita Mong iyon, umiiyak ako. Naantig ako at umiyak sa kalungkutan nang napakaraming beses. Isang taon kalaunan nabalitaan ko na nag-asawa na ang lalaki. Hindi na kailangang sabihin pa, nalungkot ako nang husto, ngunit hinayaan ko na rin iyon alang-alang sa Iyo. At nangyari ang lahat ng ito nang hindi man lang binabanggit na hindi masarap ang aking pagkain at hindi maganda ang aking pananamit—tinalikuran ko ang pag-aasawang iyon, tinalikuran ko ang lahat ng ito, kaya hindi Mo ako dapat paganapin bilang isang panghambing! Tinalikuran ko ang pag-aasawa ko, ang pinakamahalagang pangyayari sa buhay ko, para ialay ang aking sarili sa Iyo. Ang buong buhay ng isang tao ay walang iba kundi ang makakita ng isang mabuting kabiya at magkaroon ng masayang pamilya. Hinayaan ko na lang ito, itong pinakamaganda sa lahat ng bagay, at ngayon ay walang nalalabi sa akin at nag-iisa ako. Saan Mo ako papupuntahin? Nagdusa na ako mula nang magsimula akong sumunod sa Iyo. Hindi pa ako nagkaroon ng magandang buhay. Iniwan ko ang aking pamilya at propesyon gayundin ang lahat ng kasiyahan ng laman, at hindi pa rin sapat ang sakripisyong ito na nagawa naming lahat para matamasa ang Iyong mga pagpapala? Kaya ngayon ay ang ‘panghambing’ na ito naman. Diyos ko, lumalabis Ka na! Tingnan Mo kami—wala kaming maaasahan sa mundong ito. Iniwan na ng ilan sa amin ang aming mga anak, iniwan na ng ilan sa amin ang aming trabaho, ang aming asawa,^a at iba pa; iniwan na namin ang lahat ng kasiyahan ng laman. Mayroon pa ba kaming pag-asa? Paano kami patuloy na mabubuhay sa mundo? Wala bang anumang halaga ang mga sakripisyong nagawa namin? Ni hindi Mo man lamang ba nakikita iyon? Mababa ang aming katayuan at kulang ang aming kakayahan—tinatanggap namin iyan, ngunit kailan ba namin hindi pinakinggan kailanman kung ano ang nais Mong ipagawa sa

^a Ang nakasaad sa orihinal na teksto ay “maybahay.”

amin? Ngayon ay walang-awa Mo kaming pinababayaan at 'sinusuklian' kami ng titulong 'panghambing'? Iyan lamang ba ang naidulot sa amin ng aming sakripisyo? Sa huli, kung tatanungin ako ng mga tao kung ano ang napala ko sa paniniwala sa Diyos, maaari ko ba talagang ipakita sa kanila itong salitang 'panghambing'? Paano ko maibubuka ang aking bibig upang sabihin na ako ay isang panghambing? Hindi ko kayang ipaliwanag iyan sa aking mga magulang, at hindi ko kayang ipaliwanag iyan sa dati kong potensyal na kabiya. Napakalaki na ng aking naisakripisyo, at ang napala ko ay ang maging isang panghambing! Ah! Lungkot na lungkot ako!" (Sinimulan niyang suntuk-suntukin ang kanyang mga hita at umiyak.) "Kung sinabi Ko na ngayong hindi Ko ibibigay sa iyo ang titulong panghambing kundi sa halip ay gagawin Kitang isa sa Aking mga tao at pagbibilinan Kitang humayo at ipalaganap ang ebanghelyo, kung binigyan Kita ng katayuan para magawa mo ang trabaho, magagawa mo kaya iyon? Ano ba talaga ang nakamit mo mula sa bawat hakbang ng gawaing ito? Gayunma'y narito ka, na inaaliw ako sa iyong kuwento—wala kang kahihyan! Sinasabi mong nagsakripisyo ka na ngunit wala kang napala. Nakaligtaan Ko kayang sabihin sa iyo kung ano ang Aking mga kundisyon upang maangkin ang isang tao? Para kanino ba ang Aking gawain? Alam mo ba? Narito kang sinasariwang muli ang dating mga karaingan! Maituturing ka pa rin bang isang tao ngayon? Hindi ka ba nakaranas ng anumang pagdurusa dahil sa sarili mong pagkukusa? At hindi ka ba dumanas ng pagdurusa para magkamit ng mga pagpapala? Natugunan mo ba ang Aking mga hinihingi? Ang gusto mo lamang ay magkamit ng mga pagpapala. Wala kang kahihyan! Kailan ba naging sapilitan ang Aking mga hinihingi sa iyo? Kung handa kang sumunod sa Akin, kailangan mo Akong sundin sa lahat ng bagay. Huwag mong subukang makipagkasundo. Matapos ang lahat, sinabi Ko naman sa iyo noon pa na ang landas na ito ay isang landas ng pagdurusa. Puno ito ng nakakatakot na mga posibilidad, na wala masyadong magandang kalalabasan. Nalimutan mo na ba? Sinabi Ko na ito nang maraming beses. Kung handa kang magdusa, sumunod ka sa Akin. Kung ayaw mong magdusa, tumigil ka. Hindi Kita pinipilit—malaya kang sumama o umalis! Gayunman, ganito ang paggawa ng Aking gawain, at hindi Ko maaaring antalahin ang Aking buong gawain dahil sa iyong indibiduwal na pagkasuwail. Maaaring ayaw mong sumunod, ngunit mayroong iba na gusto. Desperado kayong lahat! Wala kayong kinatatakutan! Nakikipagkasundo ka sa Akin—gusto mo pa bang mabuhay o hindi na? Nagpaplano ka para sa sarili mo at nagkukumahog ka para sa iyong sariling kasikatan at pakinabang. Hindi ba lahat ng Aking gawain ay para sa inyo? Bulag ka ba? Bago Ako naging tao, hindi mo Ako makita, at ang mga salitang ito na nasambit mo ay maaari sanang mapatawad noon, ngunit ngayon ay nagkatawang-tao na Ako at gumagawa sa piling ninyo, subalit hindi mo pa rin nakikita? Ano ang hindi mo nauunawaan? Sinasabi mo na dumanas ka ng kawalan; kaya naging tao na Ako upang iligtas kayong mga desperadong tao at napakarami Ko nang gawaing nagawa, pero hanggang ngayon ay nagrereklamo ka pa rin—hindi mo ba sasabihin na dumanas Ako ng kawalan? Hindi ba lahat ng Aking nagawa ay para sa inyo? Inaangkop Ko ang titulong

ito sa mga tao batay sa kanilang kasalukuyang tayog. Kung tatawagin kitang ‘panghambing,’ agad kang magiging panghambing. Gayundin, kung tatawagin kitang ‘isa sa mga tao ng Diyos,’ agad kang magiging gayon. Anuman ang itawag Ko sa iyo, gayon ka. Hindi ba nakakamtan ang lahat ng ito ng ilang salitang nagmumula sa Aking mga labi? At ang ilang salita Kong ito ay lubhang nakakagalit sa iyo? Kung gayon, pagpasensyahan mo Ako! Kung hindi ka susunod ngayon, sa huli ay isusumpa ka—magiging masaya ka ba noon? Hindi mo pinapansin ang paraan ng pamumuhay kundi nakatuon ka lamang sa iyong katayuan at titulo; paano ang buhay mo? Hindi Ko itinatangi na malaki ang naisakripisyo mo, ngunit tingnan mo ang iyong sariling tayog at pagsasagawa—at kahit ngayon, nakikipagkasundo ka pa rin. Ito ba ang tayog na iyong natamo mula sa iyong matibay na pagpapasya? May integridad ka pa ba? May konsiyensya ka ba? Ako ba ang may mali? Mali ba ang mga hiniling Ko sa iyo? Ano iyon? Pinagaganap Kita nang ilang araw bilang isang paghambing subalit ayaw mong gawin iyon. Anong klaseng matibay na pagpapasya iyan? Wala kayong paninindigan lahat, mga duwag kayo! Natural lamang na parusahan ang mga taong kagaya mo ngayon!” Nang sabihin Ko ito, hindi siya umimik.

Sa pagdaranas ng ganitong klaseng gawain ngayon, kailangan kayong magkaroon ng kaunting pagkaunawa sa mga hakbang ng gawain ng Diyos at sa Kanyang mga pamamaraan ng pagpapabago sa mga tao. Ang pagkakaroon nito lamang ang paraan para magkamit ng mga resulta sa pagbabago. Sa inyong paghahangad, napakarami ninyong indibidwal na mga kuru-kuro, pag-asam, at hinaharap. Ang kasalukuyang gawain ay para iwasto ang inyong pagnanais na magkaroon ng katayuan at ang inyong maluluhong pagnanasa. Ang mga pag-asam, katayuan, at mga kuru-kuro ay pawang mga halimbawang kumakatawan ng satanikong disposisyon. Umiiral ang mga ito sa puso ng mga tao dahil palaging sinisira ng lason ni Satanas ang isipan ng mga tao, at palaging hindi maiwaksi ng mga tao ang mga tuksong ito ni Satanas. Nakasadlak sila sa kasalanan subalit hindi sila naniniwala na kasalanan iyon, at iniisip pa rin nila: “Naniniwala kami sa Diyos, kaya kailangan Niya kaming pagkalooban ng mga pagpapala at angkop na isaayos ang lahat para sa amin. Naniniwala kami sa Diyos, kaya kailangan makalamang kami sa iba, at kailangan magkaroon kami ng mas magandang katayuan at kinabukasan kaysa sa iba. Dahil naniniwala kami sa Diyos, kailangan Niya kaming bigyan ng walang-hanggang mga pagpapala. Kung hindi, hindi iyon matatawag na paniniwala sa Diyos.” Sa loob ng maraming taon, ang mga kaisipang naging sandigan ng mga tao para manatiling buhay ay sumisira na sa kanilang puso hanggang sa sila ay maging taksil, duwag, at kasuklam-suklam. Hindi lamang sila walang malakas at matibay na pagpapasya, kundi sila rin ay naging ganid, mapagmataas at sutil. Walang-wala silang anumang paninindigan na dumaraig sa sarili, at higit pa riyan, wala silang katiting na tapang na iwaksi ang mga paghihigpit ng mga impluwensiyang ito ng kadiliman. Ang saloobin at buhay ng mga tao ay bulok na bulok kaya ang kanilang mga pananaw tungkol sa paniniwala sa Diyos ay napakapangit pa rin, at kahit kapag nagsasalita ang mga tao

tungkol sa kanilang mga pananaw sa paniniwala sa Diyos, talagang hindi iyon matitiis pakinggan. Ang lahat ng tao ay duwag, walang kakayahan, kasuklam-suklam, at marupok. Wala silang nadaramang pagkasuklam para sa mga puwersa ng kadiliman, at wala silang nadaramang pagmamahal para sa liwanag at katotohanan; sa halip, ginagawa nila ang lahat upang maalis ang mga ito. Hindi ba ganito rin ang inyong kasalukuyang mga iniisip at pananaw? “Dahil naniniwala ako sa Diyos dapat akong buhusan ng mga pagpapala at dapat matiyak na ang aking katayuan ay hindi bababa kailanman at na mananatili itong mas mataas kaysa sa mga walang pananampalataya.” Hindi ka nagkikimkim ng ganyang klaseng pananaw sa iyong kalooban sa loob ng isa o dalawang taon lamang, kundi sa loob ng maraming taon. Sobra-sobra ang pag-iisip mong makipagkasundo. Bagama’t nakarating ka na sa hakbang na ito ngayon, hindi ka pa rin bumibitiw sa katayuan kundi palagi mong pinipilit na alamin ang tungkol dito, at inoobserbahan ito araw-araw, nang may malaking takot na balang araw ay mawala ang iyong katayuan at masira ang iyong pangalan. Hindi pa isinasantabi ng mga tao ang pagnanais nilang guminhawa. Kaya nga, habang hinahatulan Ko kayo nang ganito ngayon, anong antas ng pagkaunawa ang tataglayin ninyo sa huli? Sasabihin ninyo na bagama’t hindi mataas ang inyong katayuan, nasiyahan pa rin kayo sa pagtataas ng Diyos. Dahil hamak ang inyong pagsilang ay wala kayong magandang katayuan, ngunit nagtatamo kayo ng magandang katayuan dahil itinataas kayo ng Diyos—ito ay isang bagay na ipinagkaloob Niya sa inyo. Ngayon ay personal ninyong nagagawang tumanggap ng pagsasanay ng Diyos, ng Kanyang pagkastigo, at ng Kanyang paghatol. Ito, higit pa, ay Kanyang pagtataas. Nagagawa ninyong personal na tumanggap ng Kanyang pagdadalisay at pagsunog. Ito ay dakilang pagmamahal ng Diyos. Sa nagdaang mga kapanahunan wala ni isang tao ang nakatanggap ng Kanyang pagdadalisay at pagsunog, at wala ni isang tao ang nagawang perpekto ng Kanyang mga salita. Ang Diyos ay nakikipag-usap sa inyo ngayon nang harapan, dinadalisay kayo, ibinubunyag ang pagkasuwail ng inyong kalooban—tunay na ito ay Kanyang pagtataas. Anong mga kakayahan ang taglay ng mga tao? Mga anak man sila ni David o mga inapo ni Moab, sa kabuuan, ang mga tao ay mga nilalang na walang nararapat na ipagmayabang. Dahil kayo ay mga nilalang ng Diyos, kailangan ninyong gampanan ang tungkulin ng isang nilalang. Wala nang iba pang mga hinihiling sa inyo. Ganito kayo dapat manalangin: “Diyos ko! May katayuan man ako o wala, nauunawaan ko na ngayon ang aking sarili. Kung mataas ang katayuan ko iyon ay dahil sa Iyong pagtataas, at kung ito ay mababa iyon ay dahil sa Iyong pagtatalaga. Lahat ay nasa Iyong mga kamay. Wala akong anumang mga pagpipilian, ni anumang mga reklamo. Itinalaga Mo na maisilang ako sa bansang ito at sa piling ng mga taong ito, at ang dapat ko lamang gawin ay maging ganap na masunurin sa ilalim ng Iyong kapamahalaan dahil lahat ay nakapaloob sa Iyong naitalaga. Hindi ko iniisip ang katayuan; matapos ang lahat, isa lamang akong nilalang. Kung ilalagay Mo ako sa walang-hanggang kalaliman, sa lawa ng apoy at asupre, isa lamang akong nilalang. Kung kakasangkapanin Mo ako, isa

lamang akong nilalang. Kung gagawin Mo akong perpekto, isa pa rin akong nilalang. Kung hindi Mo ako gagawing perpekto, mamahalin pa rin Kita dahil isa lamang akong nilalang. Isa lamang akong napakaliit na nilalang na nilikha ng Panginoon ng paglikha, isa lamang sa lahat ng taong nilikha. Ikaw ang lumikha sa akin, at muli Mo ako ngayong inilagay sa Iyong mga kamay upang gawin sa akin ang gusto Mo. Handa akong maging Iyong kasangkapan at Iyong panghambing dahil lahat ay kung ano ang Iyong naitalaga. Walang sinuman na maaaring baguhin ito. Lahat ng bagay at lahat ng pangyayari ay nasa Iyong mga kamay.” Kapag dumating ang panahon na hindi mo na iniisip ang katayuan, makakalaya ka na roon. Saka mo lamang magagawang maghanap nang may tiwala at tapang, at saka lamang magiging malaya ang puso mo sa anumang mga paghihigpit. Kapag napalaya na ang mga tao mula sa mga bagay na ito, mawawalan na sila ng mga alalahanin. Ano ang mga alalahanin ng karamihan sa inyo ngayon mismo? Lagi kayong nasisikil ng katayuan at palagi kayong nag-aalala tungkol sa sarili ninyong mga inaasam. Palagi ninyong binubuklat ang mga pahina ng mga pahayag ng Diyos, sa pagnanais na basahin ang mga sinasabi tungkol sa hantungan ng sangkatauhan at sa kagustuhang malaman kung ano ang inyong maaasahan at inyong magiging hantungan. Iniisip ninyo, “Mayroon ba talaga akong anumang maaasahan? Inalis na ba ng Diyos ang mga iyon? Sinasabi lamang ng Diyos na ako ay isang panghambing; kung gayo’y ano ang aking maaasahan?” Mahirap para sa inyo na isantabi ang inyong mga inaasam at tadhana. Kayo ngayon ay mga alagad, at nagtamo na kayo ng kaunting pagkaunawa tungkol sa yugtong ito ng gawain. Gayunman, hindi pa rin ninyo naisasantabi ang inyong pagnanasa sa katayuan. Kapag mataas ang inyong katayuan naghahanap kayong mabuti, ngunit kapag mababa ang inyong katayuan hindi na kayo naghahanap. Palagi ninyong iniisip ang mga pagpapala ng katayuan. Bakit hindi maialis ng karamihan sa mga tao ang pagiging negatibo? Hindi kaya dahil palaging malabo ang mga maaasahan? Sa sandaling inilabas na ang mga pahayag ng Diyos nagmamadali kayong makita kung ano talaga ang inyong katayuan at identidad. Inuuna ninyo ang katayuan at identidad, at pumapangalawa lamang sa inyo ang pangitain. Nasa pangatlo ang isang bagay na dapat ninyong pasukin, at nasa pang-apat ang kasalukuyang kalooban ng Diyos. Tinitingnan muna ninyo kung nagbago na ang titulo ng Diyos para sa inyo na “mga panghambing” o hindi pa. Basa kayo nang basa, at kapag nakita ninyo na naalis na ang titulong “panghambing,” sumasaya kayo at panay ang pasasalamat ninyo sa Diyos at pinupuri ninyo ang Kanyang dakilang kapangyarihan. Ngunit kung nakita ninyo na mga panghambing pa rin kayo, nagagalit kayo at agad na napapawi ang sigla sa puso ninyo. Habang mas naghahanap ka sa ganitong paraan, mas kakaunti ang napapala mo. Kapag mas matindi ang paghahangad ng isang tao sa katayuan, kailangan ay mas mahigpit siyang iwasto at mas nararapat siyang sumailalim sa matinding pagpipino. Ang gayong klaseng mga tao ay walang kuwenta! Kailangan silang iwasto at hatulan nang sapat upang lubusan nilang talikuran ang mga bagay na ito. Kung magpapatuloy kayo sa ganitong paraan hanggang sa huli, wala kayong mapapala. Yaong mga hindi

naghahangad na matamo ang buhay ay hindi maaaring mabago, at yaong mga hindi nauuhaw sa katotohanan ay hindi matatamo ang katotohanan. Hindi ka nagtutuon sa paghahangad na matamo ang personal na pagbabago at pagpasok, kundi sa halip ay sa maluluhong pagnanasa at mga bagay na pumipigil sa iyong pagmamahal sa Diyos at humahadlang sa iyo na mapalapit sa Kanya. Mababago ka ba ng mga bagay na yaon? Madadala ka ba ng mga iyon papasok sa kaharian? Kung ang pakay ng iyong paghahangad ay hindi para hanapin ang katotohanan, mabuti pang samantalain mo ang pagkakataong ito at bumalik ka sa sanlibutan upang subukang gawin iyon. Ang pagsasayang ng iyong panahon sa ganitong paraan ay talagang hindi sulit—bakit mo pahihirapan ang iyong sarili? Hindi ba totoo na maaari mong matamasa ang lahat ng uri ng bagay sa magandang sanlibutan? Pera, magagandang babae, katayuan, kahambugan, pamilya, mga anak, at iba pa—hindi ba ang mga produktong ito ng sanlibutan ang pinakamagagandang bagay na maaari mong matamasa? Ano ang silbi ng paggala-gala rito sa paghahanap ng isang lugar kung saan ka magiging masaya? Ang Anak ng tao ay walang mahimlayan ng Kanyang ulo, kaya paano ka magkakaroon ng isang lugar na maginhawa? Paano Siya lilikha ng isang magandang lugar na maginhawa para sa iyo? Posible ba iyon? Bukod sa Aking paghatol, ang matatanggap mo lamang ngayon ay ang mga turo tungkol sa katotohanan. Hindi ka makatatamo ng kaginhawahan mula sa Akin at hindi mo maaaring matamo ang maginhawang sitwasyong kinasasabikan mo gabi't araw. Hindi Ko ipagkakaloob sa iyo ang mga yaman ng sanlibutan. Kung tapat kang naghahanap, handa Akong ibigay sa iyo nang buong-buo ang daan ng buhay, upang maging tulad ka ng isang isda na naibalik sa tubig. Kung hindi ka tapat na naghahanap, babawiin Ko itong lahat. Hindi Ako handang ibigay ang mga salitang nagmumula sa Aking bibig sa mga yaong ganid sa kaginhawahan, na katulad lamang ng mga baboy at aso!

Paano Nakakamtan ang mga Epekto ng Ikalawang Hakbang ng Gawain ng Paglupig

Ang gawain ng mga tagapagsilbi ang unang hakbang sa gawain ng paglupig. Ngayon ang ikalawang hakbang sa gawain ng paglupig. Bakit binabanggit din ang pagiging naperpekto sa gawain ng paglupig? Ito ay upang lumikha ng isang pundasyon para sa hinaharap. Ngayon ang huling hakbang sa gawain ng paglupig; susunod na ang panahon ng pagdanas ng matinding pagdurusa, na magiging hudyat ng opisyal na simula ng paggawang perpekto sa sangkatauhan. Ang pangunahing isyu ngayon ay ang paglupig, ngunit panahon din ngayon ng unang hakbang sa proseso ng pagpeperpekto. Ang kailangan sa unang hakbang na ito ay ang pagpeperpekto sa kaalaman at pagsunod ng mga tao, na lumilikha, siyempre pa, ng isang pundasyon para sa gawain ng paglupig. Kung gagawin kang perpekto, kailangan mong makapanindigan sa gitna ng pagdurusa sa hinaharap at maibigay ang iyong lahat-lahat upang ipalaganap ang

susunod na hakbang ng gawain; ito ang ibig sabihin ng magawang perpekto, at sa panahon ding iyon inaangkin ng Diyos nang buong-buo ang mga tao. Ngayon nag-uusap tayo tungkol sa pagiging nalupig, na kapareho ng pag-uusap tungkol sa pagiging nagawang perpekto. Ngunit ang gawaing ginawa ngayon ay ang pundasyon para magawang perpekto sa hinaharap; para magawang perpekto, kailangang maranasan ng mga tao ang paghihirap, at ang pagdanas na ito ng paghihirap ay kailangang nakabatay sa pagiging nalupig. Kung wala ang mga tao ng pundasyon ngayon—kung hindi sila ganap na nalupig—mahihirapan silang manindigan sa susunod na hakbang ng gawain. Hindi ang pagiging nalupig lamang ang pangunahing layunin. Isang hakbang lamang ito ng patotoo para sa Diyos sa harap ni Satanas. Ang magawang perpekto ang pangunahing layunin, at kung hindi ka nagawang perpekto, makabubuti pang burahin ka na lang sa listahan. Kapag naharap ka sa paghihirap sa hinaharap, saka lamang makikita ang tunay mong tayog; ibig sabihin, saka lamang malinaw na makikita ang antas ng kadalisan ng iyong pagmamahal sa Diyos. Ang sinasabi ng mga tao ngayon ay ito: “Kailangan naming sundin ang Diyos anuman ang gawin Niya. Kaya handa kaming maging isang panghambing na maaaring magpamalas ng dakilang kapangyarihan at disposisyon ng Diyos. Mabait man sa amin ang Diyos o isinusumpa Niya kami, o hinahatulan kami, nagpapasalamat pa rin kami sa Diyos.” Ang katunayan na sinasabi mo ito ay nagpapakita lamang na mayroon kang kaunting kaalaman, ngunit kung magagamit man ang kaalamang iyon sa realidad ay depende sa kung totoo ang kaalamang ito o hindi. Ang pagkakaroon ng mga tao ng gayong mga kabatiran at kaalaman ngayon ang bunga ng gawain ng paglupig. Magagawa ka mang perpekto o hindi, makikita lamang iyan sa harap ng paghihirap, at sa panahong iyon makikita kung talagang mahal mo ang Diyos sa puso mo. Kung talagang dalisay ang pagmamahal mo, sasabihin mo: “Mga panghambing kami, mga nilalang kami sa mga kamay ng Diyos.” Kapag ipinalalaganap mo ang ebanghelyo sa mga bansang Hentil, sasabihin mo, “Naglilingkod lamang ako. Gamit ang mga tiwaling disposisyon sa aming kalooban, sinabi na ng Diyos ang lahat ng bagay na ito upang ipakita sa amin ang Kanyang matuwid na disposisyon; kung hindi Niya nasabi ang gayong mga bagay, hindi namin makikita ang Diyos, ni mauunawaan ang Kanyang karunungan, ni matatanggap ang gayon kadakilang pagliligtas at gayon kalaking mga pagpapala.” Kung talagang mayroon kang kaalaman sa karanasan, sapat na ito. Gayunman, karamihan ng sinasabi mo ngayon ay hindi naglalaman ng kaalaman, at puro hungkag na mga sawikain lamang: “Kami ay mga panghambing at tagapagsilbi; nais naming malupig, at magpatotoo nang matunog para sa Diyos....” Ang pagsigaw lamang ay hindi nangangahulugan na mayroon kang realidad, ni hindi nito pinatutunayan na mayroon kang tayog; kailangan mong magkaroon ng tunay na kaalaman, at kailangang masubukan ang iyong kaalaman.

Dapat mong basahin ang iba pa sa mga pahayag na nabigkas ng Diyos sa panahong ito, at ikumpara ito sa iyong mga kilos: Totoo talaga na maayos ka at tunay na isang panghambing! Hanggang saan ang kaalaman mo ngayon? Ang iyong mga ideya, iyong

mga iniisip, iyong pag-uugali, iyong mga salita at gawa—hindi ba't ang lahat ng mga pagpapahayag na ito ay katumbas ng mapaghahambingan ng katuwiran at kabanalan ng Diyos? Hindi ba ang iyong mga pagpapahayag ngayon ay mga pagpapakita ng tiwaling disposisyon ng tao na ibinunyag ng mga salita ng Diyos? Ang iyong mga ideya, iyong mga pagganyak, at ang katiwaliang nabunyag sa iyo ay nagpapakita ng matuwid na disposisyon ng Diyos, maging ng Kanyang kabanalan. Ang Diyos ay isinilang din sa lupain ng karumihan, subalit nananatili Siyang walang bahid ng karumihan. Naninirahan Siya sa maruming mundong tinitirhan mo, ngunit may taglay Siyang katwiran at pandama, at kinamumuhian Niya ang karumihan. Maaaring ni hindi mo magawang mapansin ang anumang marumi sa iyong mga salita at gawa, ngunit kaya Niyang gawin iyon, at itinuturo Niya ang mga ito sa iyo. Ang mga dating ugali mong iyon—ang iyong kawalan ng kalinangan, kabatiran, at pakiramdam, at ang iyong paurong na mga paraan ng pamumuhay—ay nailantad na ng mga paghahayag ngayon; kapag pumaparito ang Diyos sa lupa upang gumawa nang gayon, saka lamang namamasdan ng mga tao ang Kanyang kabanalan at matuwid na disposisyon. Hinahatulan at kinakastigo ka Niya, kaya ka nagtatamo ng pag-unawa; kung minsan, nakikita ang iyong likas na kademonyohan, at itinuturo Niya ito sa iyo. Alam Niya ang diwa ng tao na tulad ng likod ng Kanyang kamay. Nabubuhay Siya sa piling ninyo, kumakain Siya ng pagkaing kinakain mo, at naninirahan Siya sa kapaligirang tinitirhan ninyo—ngunit magkagayunman, mas marami Siyang alam; maaaring ilantad ka Niya at makita ang tiwaling diwa ng sangkatauhan. Wala Siyang higit na kinamumuhian kaysa sa mga pilosopiya sa pamumuhay at kabuktutan at panlilinlang ng tao. Kinamumuhian Niya lalo na ang makamundong pag-uugnayan ng mga tao. Maaaring hindi Siya pamilyar sa mga pilosopiya ng tao sa pamumuhay, ngunit malinaw Niyang nakikita at nailalantad ang mga tiwaling disposisyon na ipinapakita ng mga tao. Gumagawa Siya upang mangusap at turuan ang tao sa pamamagitan ng mga bagay na ito, ginagamit Niya ang mga bagay na ito upang hatulan ang mga tao, at upang ipakita ang Kanyang sariling matuwid at banal na disposisyon. Sa gayon ay nagiging mga panghambing ang mga tao sa Kanyang gawain. Ang Diyos na nagkatawang-tao lamang ang maaaring magpakita nang malinaw ng mga tiwaling disposisyon ng tao at lahat ng pangit na mukha ni Satanas. Bagama't hindi ka Niya pinarurusahan, at ginagamit ka lamang bilang panghambing sa Kanyang katuwiran at kabanalan, nahihiya ka at wala kang makitang lugar na mapagtataguan, sapagkat napakarumi mo. Nangungusap Siya gamit ang mga bagay na iyon na nakalantad sa tao, at kapag nalantad ang mga bagay na ito, saka lamang namamalayan ng mga tao kung gaano kabanal ang Diyos. Hindi Niya pinalalagpas maging ang pinakamaliit na karumihan sa mga tao, ni ang maruruming kaisipan sa kanilang puso; kung hindi kaayon ng Kanyang kalooban ang mga salita at gawa ng mga tao, hindi Niya sila pinatatawad. Sa Kanyang mga salita, walang puwang para sa karumihan ng mga tao o ng kahit ano pa—kailangang malantad ang lahat. Saka mo lang nakikita na talagang hindi Siya katulad ng tao. Kung may katiting na karumihan sa mga

tao, lubos Niya silang kinamumuhian. May mga pagkakataon pa kung kailan hindi makaunawa ang mga tao, at sinasabing, “Diyos ko, bakit galit na galit Ka? Bakit hindi Mo iniintindi ang mga kahinaan ng tao? Bakit hindi Ka maging mas mapagpatawad nang kaunti sa mga tao? Bakit masyado Kang walang konsiderasyon sa tao? Malinaw na alam Mo kung gaano nagawang tiwali ang mga tao, kaya bakit ganito pa rin ang pagtrato mo sa kanila?” Namumuhi Siya sa kasalanan, naiinis Siya rito, at naiinis Siya lalo na kung may anumang bahid ng pagsuway sa iyo. Kapag nagpapakita ka ng suwail na disposisyon, nakikita Niya ito at labis Siyang naiinis—inis na inis. Sa mga bagay na ito nakikita ang Kanyang disposisyon at kung ano ang Diyos. Kapag ikinukumpara mo ang sarili mo, nakikita mo na bagama’t kinakain Niya ang kinakain ng tao, isinusuot ang isinusuot nila, nasisiyahan Siya sa mga bagay na nakasisiya sa kanila, at nabubuhay at naninirahan Siya sa piling nila, hindi pa rin Siya katulad ng tao. Hindi ba ito ang kahalagahan ng isang panghambing? Sa pamamagitan ng mga bagay na ito ng tao ipinapakita ang kapangyarihan ng Diyos; ang kadiliman ang nagpapalitaw sa mahalagang pag-iral ng liwanag.

Siyempre pa, hindi ka ginagawang panghambing ng Diyos nang walang dahilan. Sa halip, kapag nagbubunga ang gawaing ito, saka lamang nagiging malinaw na ang pagkasuwail ng tao ay isang panghambingan sa matuwid na disposisyon ng Diyos, at dahil lamang mga panghambing kayo kaya kayo may pagkakataong malaman ang natural na pagpapahayag ng matuwid na disposisyon ng Diyos. Hinahatulan at kinakastigo kayo dahil sa inyong pagkasuwail, ngunit dahil din sa inyong pagkasuwail kaya kayo naging isang panghambing, at dahil sa inyong pagkasuwail kaya ninyo natatanggap ang malaking biyayang ipinagkakaloob sa inyo ng Diyos. Ang inyong pagkasuwail ay isang panghambing sa walang-hanggang kapangyarihan at karunungan ng Diyos, at dahil din sa inyong pagkasuwail kaya kayo nagtamo ng gayon kadakilang pagliligtas at mga pagpapala. Bagama’t paulit-ulit Ko na kayong hinatulan, natanggap na ninyo ang kamangha-manghang pagliligtas na hindi pa natanggap ng tao kailanman. Napakalaki ng kabuluhan ng gawaing ito para sa inyo. Napakahalaga rin para sa inyo ang maging “panghambing”: Kayo ay iniligtas at nagtamo ng biyaya ng pagliligtas dahil kayo ay isang panghambing, kaya hindi ba napakahalaga ng gayong panghambingan? Hindi ba napakalaki ng kabuluhan nito? Nabubuhay kayo sa iisang dako, sa iisang maruming lupain, na tulad ng Diyos, kaya kayo isang panghambing at nagtatamo ng pinakadakilang pagliligtas. Kung hindi naging tao ang Diyos, sino kaya ang naging maawain sa inyo, at sino kaya ang nag-alaga sa inyo, kayong abang mga tao? Sino kaya ang nagmahal sa inyo? Kung hindi naging tao ang Diyos upang gumawa sa inyo, kailan kaya ninyo matatanggap ang pagliligtas na ito, na hindi natamo kailanman ng mga nauna sa inyo? Kung hindi Ako naging tao upang mahalin kayo, upang hatulan ang mga kasalanan ninyo, hindi ba matagal na sana kayong nahulog sa Hades? Kung hindi Ako naging tao at nagpakumbaba ng Aking sarili sa inyo, paano kaya kayo magiging marapat na maging mapaghahambingan sa matuwid na disposisyon ng Diyos? Hindi ba kayo

isang panghambing dahil nag-anyong tao Ako at pumarito sa inyo upang bigyan kayo ng kakayahang matamo ang pinakadakilang pagliligtas? Hindi ba ninyo natatanggap ang pagliligtas na ito dahil naging tao Ako? Kung hindi naging tao ang Diyos upang mamuhay sa piling ninyo, natuklasan pa rin kaya ninyo na ipinamumuhay ninyo ang isang buhay na mas masahol pa sa mga aso at baboy sa isang impiyerno ng mga tao? Hindi pa ba kayo nakastigo at nahatulan dahil isa kayong panghambing sa Aking gawain sa katawang-tao? Walang gawaing mas angkop sa inyo kaysa sa gawain ng panghambing, sapagkat kayo ay mga panghambing kaya kayo naligtas sa gitna ng paghatol. Hindi ba ninyo nararamdaman na ang maging karapat-dapat na magsilbing isang panghambing ay pagpapala sa buhay ninyo? Ginagawa lamang ninyo ang gawain ng isang panghambing, subalit tumatanggap kayo ng gayong pagliligtas na hindi pa ninyo natanggap kailanman ni naisip man lamang. Ngayon, ang tungkulin ninyo ay ang maging isang panghambing, at ang nararapat ninyong gantimpala ay ang magtamasa ng walang-hanggang mga pagpapala sa hinaharap. Ang pagliligtas na natatamo ninyo ay hindi panandaliang kabatiran o lumilipas na kaalaman para sa kasalukuyang panahon, kundi isang mas malaking pagpapala: isang walang-hanggang pagpapatuloy ng buhay. Bagama't nagamit Ko ang "panghambing" upang lupigin kayo, dapat ninyong malaman na ibinibigay ang pagliligtas at pagpapalang ito upang maangkin kayo; ito ay para sa paglupig, ngunit ito ay para mas mailigtas Ko rin kayo. Ang "panghambing" ay totoo, ngunit kaya kayo mga panghambing ay dahil sa inyong pagkasuwail, at dahil dito kaya kayo nagtamo ng mga pagpapalang hindi pa natamo ninuman kailanman. Ngayon ay ginawa kayong makakita at makarinig; bukas ay tatanggap kayo, at, higit pa riyan, lubos kayong pagpapalain. Sa gayon, hindi ba napakahalaga ng mga panghambing? Ang mga epekto ng gawain ngayon ng paglupig ay natatamo sa pamamagitan ng inyong mga suwail na disposisyon na nagsisilbing mga panghambing. Ibig sabihin, ang rurok ng ikalawang pagkakataon ng pagkastigo at paghatol ay ang gamitin ang inyong karumihan at pagkasuwail bilang isang panghambing, na nagtutulot sa inyo na mamasdan ang matuwid na disposisyon ng Diyos. Kapag naging masunurin kayong muli sa ikalawang pagkakataon ng paghatol at pagkastigo, lubos ninyong makikita ang kabuuan ng matuwid na disposisyon ng Diyos. Ang ibig sabihin nito ay na kapag natapos na ang inyong pagtanggap ng gawain ng paglupig, saka rin matatapos ang inyong pagganap sa tungkulin ng isang panghambing. Hindi Ko layuning bigyan kayo ng mga katawagan. Sa halip, ginagamit Ko ang inyong tungkulin bilang mga tagapagsilbi upang isagawa ang unang pagkakataon ng gawain ng paglupig, ipinapakita ang matuwid at dimasusaway na disposisyon ng Diyos. Sa pamamagitan ng inyong argumento, sa pamamagitan ng inyong pagkasuwail na nagsisilbing isang panghambing, ang mga epekto ng ikalawang pagkakataon ng gawain ng paglupig ay nakakamtan, na ganap na ibinubunyag sa inyo ang matuwid na disposisyon ng Diyos, na hindi ganap na ibinunyag sa unang pagkakataon, at ipinapakita sa inyo ang matuwid na disposisyon ng Diyos sa kabuuan nito, lahat ng kung ano Siya, na binubuo ng karunungan, pagiging kamangha-mangha, at malinis

na kabanalan ng Kanyang gawain. Ang epekto ng gayong gawain ay nakakamtan sa pamamagitan ng paglupig sa iba-ibang panahon, at sa pamamagitan ng iba-ibang antas ng paghatol. Kapag mas malapit nang umaabot ang paghatol sa ruok nito, mas ibinubunyag nito ang mga suwail na disposisyon ng mga tao, at mas epektibo ang paglupig. Ang kabuuan ng matuwid na disposisyon ng Diyos ay nagiging malinaw sa gawaing ito ng paglupig. Ang gawain ng paglupig ay nahahati sa dalawang hakbang, at may iba-ibang yugto at antas, kaya nga siyempre pa, iba rin ang mga epektong nakakamtan. Ang ibig sabihin nito ay na nagiging mas malawak pa ang saklaw ng pagpapasakop ng mga tao. Pagkatapos nito, saka lamang lubos na madadala ang mga tao sa tamang landas tungo sa pagiging perpekto; kapag nakumpleto na ang lahat ng gawain ng paglupig (kapag nakamtan na ng ikalawang pagkakataon ng paghatol ang huling epekto nito), saka lamang hindi na huhusgahan ang mga tao kundi tutulutan na silang pumasok sa tamang landas ng pagdanas ng buhay. Sapagkat ang paghatol ay kumakatawan sa paglupig, at ang paglupig ay nasa anyo ng paghatol at pagkastigo.

Naging tao ang Diyos sa pinakapaurong at pinakamaruming lugar sa lahat, at sa ganitong paraan lamang nagagawa ng Diyos na malinaw na ipakita ang kabuuan ng Kanyang banal at matuwid na disposisyon. At paano ipinapakita ang Kanyang matuwid na disposisyon? Ipinapakita ito kapag hinahatulan Niya ang mga kasalanan ng tao, kapag hinahatulan Niya si Satanas, kapag kinamumuhian Niya ang kasalanan, at kapag kinasusuklanan Niya ang mga kaaway na kumakalaban at naghihimagsik laban sa Kanya. Ang mga salitang sinasambit Ko ngayon ay upang hatulan ang mga kasalanan ng tao, upang hatulan ang hindi pagiging matuwid ng tao, upang isumpa ang pagsuway ng tao. Ang kabuktutan at panlilinlang ng tao, ang mga salita at gawa ng tao—lahat ng hindi naaayon sa kalooban ng Diyos ay kailangang isailalim sa paghatol, at tuligsain ang lahat ng pagsuway ng tao bilang kasalanan. Umiiikot ang Kanyang mga salita sa mga prinsipyo ng paghatol; ginagamit Niya ang paghatol sa hindi pagiging matuwid ng tao, ang sumpa sa pagkasuwail ng tao, ang paglalantad sa mga pangit na mukha ng tao upang ipakita ang Kanyang sariling matuwid na disposisyon. Ang kabanalan ay isang pagkakatawan ng Kanyang matuwid na disposisyon, at sa katunayan ang kabanalan ng Diyos ay talagang ang Kanyang matuwid na disposisyon. Ang mga tiwali ninyong disposisyon ang konteksto ng mga salita ngayon—ginagamit Ko ang mga ito upang mangusap at humatol, at upang isagawa ang gawain ng paglupig. Ito lamang ang tunay na gawain, at ito lamang ang lubos na nagpapaningning sa kabanalan ng Diyos. Kung walang bahid ng tiwaling disposisyon sa iyo, hindi ka hahatulan ng Diyos, at hindi rin Niya ipapakita sa iyo ang Kanyang matuwid na disposisyon. Dahil mayroon kang tiwaling disposisyon, hindi ka basta paliligtasin ng Diyos, at sa pamamagitan nito ipinapakita ang Kanyang kabanalan. Kung makikita ng Diyos na masyadong malubha ang karumihan at pagkasuwail ng tao ngunit hindi Siya nagsalita o hinatulan ka, ni hindi ka kinastigo dahil sa iyong hindi pagiging matuwid, patutunayan nito na hindi Siya Diyos, dahil hindi Siya galit sa kasalanan; magiging kasingdumi lamang Siya ng tao. Ngayon, dahil sa karumihan

mo kaya kita hinahatulan, at dahil sa katiwalian at pagkasuwail mo kaya kita kinakastigo. Hindi Ko ipinangangalandakan ang Aking kapangyarihan sa inyo o sadya kayong inaapi; ginagawa Ko ang mga bagay na ito dahil kayo, na naisilang sa lupaing ito ng karumihan, ay labis-labis nang narumihan. Sadyang naiwala ninyo ang inyong integridad at pagkatao, na parang mga baboy na naninirahan sa maruruming lugar. Dahil sa inyong karumihan at katiwalian kaya kayo hinahatulan at kaya Ko pinapakawalan sa inyo ang Aking poot. Dahil mismo sa paghatol ng mga salitang ito kaya ninyo nagawang makita na ang Diyos ay ang matuwid na Diyos, at na ang Diyos ay ang banal na Diyos; dahil mismo sa Kanyang kabanalan at Kanyang katuwiran kaya Niya kayo hinahatulan at pinapakawalan Niya ang Kanyang poot sa inyo; dahil mismo nakikita Niya ang pagkasuwail ng sangkatauhan na inihahayag Niya ang Kanyang matuwid na disposisyon. Naipapamalas ang Kanyang kabanalan dahil sa karumihan at katiwalian ng sangkatauhan. Sapat na ito upang ipakita na Siya ang Diyos Mismo, na banal at malinis, ngunit nabubuhay sa lupain ng karumihan. Kung nagtatampisaw ang isang tao sa putikan na kasama ng iba, at walang anumang banal tungkol sa kanya, at wala siyang matuwid na disposisyon, wala siyang karapatang hatulan ang kasamaan ng tao, ni hindi siya akmang magsagawa ng paghatol sa tao. Paano magiging karapat-dapat ang mga taong pare-parehong marumi na hatulan yaong mga kagaya nila? Tanging ang banal na Diyos Mismo ang nagagawang hatulan ang buong sangkatauhang marumi. Paano mahahatulan ng tao ang mga kasalanan ng tao? Paano makikita ng tao ang mga kasalanan ng tao, at paano magiging karapat-dapat ang tao na isumpa ang mga kasalanang ito? Kung hindi karapat-dapat ang Diyos na hatulan ang mga kasalanan ng tao, paano Siya magiging matuwid na Diyos Mismo? Dahil nagpapakita ng mga tiwaling disposisyon ang mga tao kaya nangungusap ang Diyos upang hatulan sila, at saka lamang nila makikita na Siya ay isang banal na Diyos. Habang hinahatulan at kinakastigo Niya ang tao para sa mga kasalanan nito, na inilalantad pala ang mga kasalanan ng tao, walang tao o bagay na makakatakas sa paghatol na ito; Siya ang humahatol sa lahat ng marumi, at sa gayon lamang mabubunyag na matuwid ang Kanyang disposisyon. Kung hindi, paano masasabi na panghambing kayo kapwa sa taguri at sa katunayan?

Malaki ang pagkakaiba sa pagitan ng gawaing ginawa sa Israel at ng gawain sa ngayon. Ginabayan ni Jehova ang buhay ng mga Israelita, at walang ganoong pagkastigo at paghatol, dahil sa panahong iyon, napakaliit ng naunawaan ng mga tao tungkol sa mundo at mayroon silang ilang tiwaling disposisyon. Noon, ganap na sinunod ng mga Israelita si Jehova. Nang sabihin Niya sa kanila na gumawa ng mga altar, agad silang gumawa ng mga altar; nang sabihin Niya sa kanila na magsuot ng mga kasuotan ng mga saserdote, sumunod sila. Sa mga araw na iyon, si Jehova ay tila isang pastol na nagbabantay sa isang kawan ng mga tupa, na ang mga tupa ay sumusunod sa paggabay ng pastol at kumakain ng damo sa pastulan; ginabayan ni Jehova ang buhay nila, na pinamumunuan sila kung paano sila kumain, nagbihis, nanirahan, at naglakbay.

Hindi iyon ang panahon para gawing maliwanag ang disposisyon ng Diyos, dahil ang sangkatauhan noong panahong iyon ay bagong silang; kakaunti ang suwail at mapang-away, walang gaanong karumihan sa sangkatauhan, kaya nga ang mga tao ay hindi makapagsilbing isang panghambing sa disposisyon ng Diyos. Sa pamamagitan ng mga taong nanggaling sa lupain ng karumihan ipinapakita ang kabanalan ng Diyos; ngayon, ginagamit Niya ang karumihang nakikita sa mga taong ito ng lupain ng karumihan, at Siya ay humahatol, at gayon ang ibinubunyag tungkol sa Kanya sa gitna ng paghatol. Bakit Siya humahatol? Kaya Niyang sambitin ang mga salita ng paghatol dahil kinamumuhian Niya ang kasalanan; paano Siya magagalit nang matindi kung hindi Niya kinapopootan ang pagkasuwail ng sangkatauhan? Kung walang pagkasuklam sa Kanyang kalooban, walang pagkainis, kung hindi Niya pinansin ang pagkasuwail ng mga tao, magpapatunay iyon na kasingdumi Siya ng tao. Kaya Niya nakakayang hatulan at kastiguhin ang tao ay dahil kinapopootan Niya ang karumihan, at ang kinapopootan Niya ay wala sa Kanya. Kung mayroon ding pagkontra at pagkasuwail sa Kanya, hindi Niya kamumuhian yaong mga mapang-away at suwail. Kung ang gawain ng mga huling araw ay isinasagawa sa Israel, hindi ito magkakaroon ng kabuluhan. Bakit ginagawa ang gawain ng mga huling araw sa Tsina, ang pinakamadilim at pinakamakalumang lugar sa lahat? Iyon ay upang ipakita ang Kanyang kabanalan at katuwiran. Sa madaling salita, mas madilim ang isang lugar, mas malinaw na maipapakita ang kabanalan ng Diyos. Sa katunayan, lahat ng ito ay alang-alang sa gawain ng Diyos. Ngayon lamang ninyo napagtatanto na bumaba na ang Diyos mula sa langit upang tumayo sa gitna ninyo, na nakikita sa inyong karumihan at pagkasuwail, at ngayon lamang ninyo nakikilala ang Diyos. Hindi ba ito ang pinakadakilang pagpaparangal? Sa katunayan, isa kayong grupo ng mga tao sa Tsina na napili. At dahil kayo ay napili at nagtamasa ng biyaya ng Diyos, at dahil hindi kayo angkop na magtamasa ng gayon kalaking biyaya, pinatutunayan nito na lahat ng ito ay ang pinakadakilang pagpaparangal sa inyo. Nagpakita na ang Diyos sa inyo, at ipinakita Niya sa inyo ang Kanyang banal na disposisyon sa kabuuan nito, at ibinigay na Niya sa inyo ang lahat ng iyon, at pinatamasa sa inyo ang lahat ng pagpapalang maaari ninyong tamasahin. Hindi lamang ninyo natikman ang matuwid na disposisyon ng Diyos, kundi, higit pa ryan, natikman ninyo ang pagliligtas ng Diyos, ang pagtubos ng Diyos at ang walang-hangganang at walang-katapusang pagmamahal sa Diyos. Kayo, na pinakamarumi sa lahat, ay nagtamasa na ng gayon kalaking biyaya—hindi ba kayo pinagpala? Hindi ba ito pagtataas ng Diyos sa inyo? Kayo ang may pinakamababang kalagayan sa lahat; kayo ay likas na hindi karapat-dapat magtamasa ng gayon kalaking pagpapala, subalit gumawa na ng eksepsyon ang Diyos sa pamamagitan ng pagtataas sa iyo. Hindi ka ba nahihiya? Kung wala kang kakayahang gampanan ang iyong tungkulin, sa huli ay ikahihiya mo ang iyong sarili, at parurusahan mo ang iyong sarili. Ngayon, hindi ka dinidisciplina, ni hindi ka pinarurusahan; ligtas at malusog ang iyong laman—ngunit sa huli, dadalhin ka ng mga salitang ito sa kahihiyan. Sa ngayon, hayagan Ko pang kakastiguhin ang sinuman; maaaring mabagsik ang Aking

mga salita, ngunit paano Ko pinakikitunguhan ang mga tao? Inaaliw Ko sila, at pinapayuhan sila, at pinaaalalahanan sila. Wala nang ibang dahilan kaya Ko ito ginagawa kundi para iligtas kayo. Talaga bang hindi ninyo nauunawaan ang Aking kalooban? Dapat ninyong maunawaan ang sinasabi Ko, at mabigyang-inspirasyon nito. Ngayon lamang maraming taong nakakaunawa. Hindi ba ito ang pagpapala ng pagiging isang panghambing? Hindi ba pagiging isang panghambing ang pinaka-pinagpalang bagay? Sa huli, kapag humayo kayo upang ipalaganap ang ebanghelyo, sasabihin ninyo ito: “Mga tipikal na panghambing kami.” Tatanungin nila kayo, “Ano ang ibig sabihin ng tipikal na panghambing kayo?” At sasabihin mo: “Panghambing kami sa gawain ng Diyos, at sa Kanyang dakilang kapangyarihan. Ang kabuuan ng matuwid na disposisyon ng Diyos ay inilalantad ng aming pagkasuwail; kami ang mga tagapagsilbi ng gawain ng Diyos sa mga huling araw, kami ang mga galamay ng Kanyang gawain, at ang mga kasangkapan din nito.” Kapag naririnig nila iyon, magtataka sila. Sumunod, sasabihin mo: “Kami ang mga halimbawa at huwaran sa pagtatapos ng gawain ng Diyos sa buong sansinukob, at sa Kanyang paglupig sa buong sangkatauhan. Banal man kami o marumi, sa kabuuan, kami pa rin ang mas pinagpala kaysa sa inyo, dahil nakita na namin ang Diyos, at sa pamamagitan ng pagkakataong lupigin Niya kami, nakikita ang dakilang kapangyarihan ng Diyos; dahil lamang sa kami ay marumi at tiwali kaya napasimulan ang Kanyang matuwid na disposisyon. Kaya ba ninyong magpatotoo nang ganoon sa gawain ng Diyos sa mga huling araw? Hindi kayo nararapat! Ito ay walang iba kundi ang pagpaparangal sa amin ng Diyos! Bagama’t maaaring hindi kami mapagmataas, maaari naming mapagmalaking purihin ang Diyos, dahil walang sinumang maaaring magmana ng gayon kalaking pangako, at walang sinumang maaaring magtamasa ng gayon kalaking pagpapala. Labis kaming nagpapasalamat na kami, na napakarumi, ay maaaring gumawa bilang mga panghambing sa panahon ng pamamahala ng Diyos.” At kapag itinanong nila, “Ano ang mga halimbawa at huwaran?” sasabihin mo, “Kami ang pinakasuwail at pinakamarumi sa buong sangkatauhan; nagawa kaming lubhang tiwali ni Satanas, at kami ang pinakapaurong at pinakaaba sa lahat ng laman. Kami ang mga klasikong halimbawa ng mga nakasangkapan ni Satanas. Ngayon, napili kami ng Diyos na unang lupigin sa buong sangkatauhan, at namasdan namin ang matuwid na disposisyon ng Diyos at namana ang Kanyang pangako; kinakasangkapan kami upang lupigin ang mas marami pang tao, sa gayon ay kami ang mga halimbawa at huwaran ng mga nalupig sa buong sangkatauhan.” Wala nang mas mainam na patotoo kaysa sa mga salitang ito, at ito ang iyong pinakamagandang karanasan.

Ang Katotohanang Nakapaloob sa Gawain ng Paglupig 2

Naghangad kayo dati na mamuno bilang mga hari, at ngayon ay kailangan pa ninyong lubos itong talikuran; nais pa rin ninyong mamuno bilang mga hari, hawakan ang kalangitan at suportahan ang lupa. Ngayon, pag-isipan ninyo ang tanong na ito: Taglay mo ba ang gayong mga katangian? Hindi ka ba ganap na walang pakiramdam? Makatotohanan ba ang inyong hinahanap at pinagtutuunan ng pansin? Wala man lamang kayong normal na pagkatao—hindi ba kahabag-habag iyon? Kaya, ngayon ay tatalakayin Ko lamang ang pagiging nalupig, pagpapatotoo, pagpapahusay ng iyong kakayahan, at pagpasok sa landas para magawang perpekto, at wala na akong iba pang tatalakayin. Pagod na ang ilang tao sa purong katotohanan, at kapag nakikita nila ang lahat ng pag-uusap na ito tungkol sa normal na pagkatao at pagpapahusay ng kakayahan ng mga tao, nag-aatubili sila. Yaong mga hindi nagmamahal sa katotohanan ay hindi madaling gawing perpekto. Hangga't pumapasok kayo ngayon, at kumikilos ayon sa kalooban ng Diyos, sa paisa-isang hakbang, maaari ba kayong maalis? Matapos makagawa ang Diyos ng napakaraming gawain sa lupain ng Tsina—gawaing napakalawak—at matapos Siyang makasambit ng napakaraming salita, maaari ba Siyang sumuko sa kalagitnaan? Maaari ba Niyang akayin ang mga tao pababa sa walang-hanggang kalaliman? Ngayon, ang mahalaga ay na kailangan ninyong malaman ang diwa ng tao, at kailangan ninyong malaman kung ano ang dapat ninyong pasukin; kailangan ninyong pag-usapan ang pagpasok sa buhay, at mga pagbabago sa disposisyon, kung paano talaga malupig, at paano ganap na susundin ang Diyos, paano magbahagi ng huling patotoo sa Diyos, at paano makakasunod hanggang kamatayan. Kailangan mong tumuon sa mga bagay na ito, at yaong hindi makatotohanan o mahalaga ay kailangan munang isantabi at pabayaan. Ngayon, dapat mong mabatid kung paano malupig, at kung paano kumikilos ang mga tao matapos silang malupig. Maaari mong sabihin na nalupig ka na, ngunit makakasunod ka ba hanggang kamatayan? Kailangan mong magawang sumunod hanggang sa kahuli-hulihan mayroon mang anumang mga maaasam, at hindi ka dapat mawalan ng pananampalataya sa Diyos anuman ang sitwasyon. Sa huli, kailangan mong matamo ang dalawang aspeto ng patotoo: ang patotoo ni Job—pagsunod hanggang kamatayan; at ang patotoo ni Pedro—ang sukdulang pagmamahal sa Diyos. Sa isang banda, kailangan mong maging kagaya ni Job: nawala ang lahat ng kanyang ari-arian, at pinahirapan ng sakit ng katawan, subalit hindi niya tinalikuran ang pangalan ni Jehova. Ito ang patotoo ni Job. Nagawang mahalin ni Pedro ang Diyos hanggang kamatayan. Noong siya ay ipako sa krus at hinarap ang kanyang kamatayan, minahal pa rin niya ang Diyos; hindi niya inisip ang sarili niyang mga inaasam o hinangad ang magagandang pag-asa o maluluhong saloobin, at hinangad lamang niyang mahalin ang Diyos at sundin ang lahat ng plano ng Diyos. Iyan ang batayan na kailangan mong makamtan bago ka maituring na

nagpatotoo, bago ka maging isang tao na nagawang perpekto matapos na malupig. Ngayon, kung alam talaga ng mga tao ang sarili nilang diwa at katayuan, maghahangad pa ba sila ng mga inaasam at pag-asa? Ito ang dapat mong malaman: Gawin man akong perpekto ng Diyos, kailangan kong sundan ang Diyos; lahat ng Kanyang ginagawa ngayon ay mabuti at ginagawa para sa aking kapakanan, at upang ang ating disposisyon ay magbago at maialis natin sa ating sarili ang impluwensya ni Satanas, upang tulutan tayong maisilang sa lupain ng karumihan at magkagayunman ay maialis sa ating sarili ang karumihan, maipagpag ang dumi at impluwensya ni Satanas, upang matalikuran ito. Siyempre pa, ito ang kinakailangan sa iyo, ngunit para sa Diyos paglupig lamang ito, na ginagawa upang magkaroon ng matibay na pagpapasiya ang mga tao na sumunod at makapagpasakop sa lahat ng pagsasaayos ng Diyos. Sa ganitong paraan, maisasakatuparan ang mga bagay-bagay. Ngayon, karamihan sa mga tao ay nalupig na, ngunit sa kanilang kalooban ay marami pang paghihimagsik at katigasan ng ulo. Ang tunay na tayog ng mga tao ay napakaliit pa rin, at mapupuno lamang sila ng sigla kung may mga pag-asa at maaasam; kung walang mga pag-asa at maaasam, nagiging negatibo sila, at iniisip pa nilang talikuran ang Diyos. Bukod pa ryan, walang matinding pagnanais ang mga tao na hangaring isabuhay ang normal na pagkatao. Sa gayon, kailangan Ko pa ring talakayin ang paglupig. Sa katunayan, nangyayari ang pagpeperpekto kasabay ng paglupig: Habang ikaw ay nilulupig, nakakamit din ang mga unang epekto ng pagiging nagawang perpekto. Kung saan may pagkakaiba sa pagitan ng malupig at magawang perpekto, ito ay ayon sa antas ng pagbabago sa mga tao. Ang malupig ang unang hakbang upang magawang perpekto, at hindi nangangahulugan na ganap na silang nagawang perpekto, ni hindi nito pinatutunayan na ganap na silang naangkin ng Diyos. Matapos malupig ang mga tao, may ilang pagbabago sa kanilang disposisyon, ngunit ang mga pagbabagong iyon ay napakalayo sa mga taong ganap nang naangkin ng Diyos. Ngayon, ang ginagawa ay ang paunang gawain para magawang perpekto ang mga tao—ang paglupig sa kanila—at kung hindi ka malupig, walang paraan upang magawa kang perpekto at ganap na maaangkin ng Diyos. Magtatamo ka lamang ng ilang salita ng pagkastigo at paghatol, ngunit hindi makakaya ng mga ito na ganap na baguhin ang puso mo. Kaya magiging isa ka sa mga inaalis; wala itong ipinagkaiba sa pagtingin sa isang katakam-takam na piging sa ibabaw ng mesa ngunit hindi ito makain. Hindi ba nakalulungkot ang tagpong ito para sa iyo? Kaya nga kailangan kang maghangad ng mga pagbabago: Ang malupig man o magawang perpekto, kapwa nauugnay ito sa kung mayroong mga pagbabago sa iyo, at kung masunurin ka man o hindi, at ito ang nagpapasiya kung ikaw ay maaangkin ng Diyos o hindi. Dapat mong malaman na ang “malupig” at “magawang perpekto” ay batay lamang sa lawak ng pagbabago at pagsunod, pati na rin sa kung gaano kadalisay ang iyong pagmamahal sa Diyos. Ang kinakailangan ngayon ay na ganap kang magagawang perpekto, ngunit sa simula ay kailangan kang malupig—kailangan ay mayroon kang sapat na kaalaman tungkol sa pagkastigo at paghatol ng

Diyos, kailangan ay mayroon kang pananampalatayang sumunod, at maging isang taong naghahangad ng pagbabago at naghahangad ng kaalaman tungkol sa Diyos. Saka ka lamang magiging isang tao na naghahangad na magawang perpekto. Dapat ninyong maunawaan na habang ginagawa kayong perpekto ay lulupigin kayo, at habang nilulupig kayo ay gagawin kayong perpekto. Ngayon, maaari kang maghangad na magawang perpekto o maghangad ng mga pagbabago sa iyong panlabas na pagkatao at mapahusay ang iyong kakayahan, ngunit ang pinakamahalaga ay na nauunawaan mo na lahat ng ginagawa ngayon ng Diyos ay may kahulugan at kapaki-pakinabang: Ikaw na isinilang sa isang lupain ng karumihan ay nagkakaroon ng kakayahang makatakas sa karumihan at maipagpag ito, binibigyan ka nito ng kakayahang madaig ang impluwensya ni Satan, at talikuran ang madilim na impluwensya ni Satan. Sa pagtutuon sa mga bagay na ito, protektado ka sa lupaing ito ng karumihan. Sa huli, anong patotoo ang hihilinging ibigay mo? Ikaw ay isinilang sa isang lupain ng karumihan ngunit nagagawa mong maging banal, na hindi na muling mabahiran ng dumi kailanman, na mabuhay sa ilalim ng sakop ni Satan ngunit inaalis sa iyong sarili ang impluwensya ni Satan, na hindi masapian ni maligalig ni Satan, at mabuhay sa mga kamay ng Makapangyarihan sa lahat. Ito ang patotoo, at ang katibayan ng tagumpay sa pakikipaglaban kay Satan. Nagagawa mong talikuran si Satan, hindi ka na nagpapakita ng napakasasamang disposisyon sa iyong pagsasabuhay, kundi sa halip ay isinasabuhay mo yaong hinihiling ng Diyos na makamit ng tao nang likhain Niya ang tao: normal na pagkatao, normal na pakiramdam, normal na kabatiran, normal na matibay na pagpapasiyang mahalin ang Diyos, at katapatan sa Diyos. Ganyan ang patotoong ibinabahagi ng isang nilalang ng Diyos. Sabi mo, “Tayo ay isinilang sa isang lupain ng karumihan, ngunit dahil sa proteksyon ng Diyos, dahil sa Kanyang pamumuno, at dahil nalupig Niya tayo, naalis na natin sa ating sarili ang impluwensya ni Satan. Nakakaya nating sumunod ngayon dahil sa epekto ng paglupig ng Diyos, at hindi dahil sa mabuti tayo, o dahil likas nating mahal ang Diyos. Iyon ay dahil hinirang tayo ng Diyos, at itinalaga tayo noon pa man, kaya tayo nalupig ngayon, nagagawa nating magpatotoo sa Kanya, at maglingkod sa Kanya; gayundin, ito ay dahil hinirang Niya tayo at pinrotektahan, kaya tayo naligtas at napalaya mula sa sakop ni Satan, at maaari nating talikuran ang karumihan at mapadalisan sa bansa ng malaking pulang dragon.” Dagdag pa rito, ang iyong isinasabuhay ay magpapakita na mayroon kang normal na pagkatao, may katuturan ang sinasabi mo, at isinasabuhay mo ang wangis ng isang normal na tao. Kapag nakikita ka ng iba, hindi mo sila dapat bigyan ng dahilan para sabihing, “Hindi ba ito ang imahe ng malaking pulang dragon?” Ang pag-uugali ng mga sister ay hindi angkop sa isang sister, ang pag-uugali ng mga brother ay hindi angkop sa isang brother, at wala sa iyo ang kagandahang-asal ng mga santo. Sa gayon ay sasabihin ng mga tao, “Kaya pala sinabi ng Diyos na sila ay mga inapo ni Moab, tama nga Siya!” Kung titingnan kayo ng mga tao at sasabihin nilang, “Kahit sinabi ng Diyos na mga inapo kayo ni Moab, napatunayan ng isinasabuhay ninyo na tinalikuran

na ninyo ang impluwensya ni Satanas; bagama't nasa kalooban pa rin ninyo ang mga bagay na iyon, nagagawa ninyong talikuran ang mga iyon, nagpapakita ito na ganap na kayong nalupig," sasabihin ninyong mga nalupig at nailigtas, "Totoong kami ang mga inapo ni Moab, ngunit nailigtas kami ng Diyos, at bagama't ang mga inapo ni Moab noong araw ay pinabayaang at isinumpa, at itinaon ng mga tao ng Israel sa mga Hentil, ngayon ay nailigtas kami ng Diyos. Totoong kami ang pinakatiwali sa lahat ng tao—ang Diyos ang nagpasiya nito, ito ay totoo, at hindi ito maikakaila ng lahat. Ngunit ngayon ay nakatakas na kami sa impluwensyang iyon. Kinamumuhian namin ang aming mga ninuno, handa kaming tumalikod sa aming mga ninuno, upang lubos na itong talikuran at sundin ang lahat ng plano ng Diyos, na kumikilos ayon sa kalooban ng Diyos at isinasagawa ang Kanyang mga kahilingan sa amin, at napapalugod namin ang kalooban ng Diyos. Ipinagkanulo ni Moab ang Diyos, hindi siya kumilos ayon sa kalooban ng Diyos, at kinasuklaman siya ng Diyos. Ngunit dapat nating pagmalasakitan ang puso ng Diyos, at ngayon, dahil nauunawaan natin ang kalooban ng Diyos, hindi natin maaaring ipagkanulo ang Diyos, at dapat nating itakwil ang dati nating ninuno!" Noong nakaraan nagsalita Ako tungkol sa pagtatakwil sa malaking pulang dragon, at ngayon, tungkol lamang ito sa pagtatakwil sa dating ninuno ng mga tao. Ito ay isang patotoo ng paglupig sa mga tao, at paano ka man pumasok ngayon, hindi dapat magkulang ang iyong patotoo sa aspetong ito.

Ang kakayahan ng mga tao ay napakahina, kulang na kulang sila sa normal na pagkatao, ang kanilang mga reaksiyon ay napakabagal, napakakupad, iniwan na silang manhid at mapurol ang utak ng pagtitiwali ni Satanas, at bagama't hindi sila maaaring ganap na magbago sa loob ng isa o dalawang taon, kailangan ay matibay silang magpasiya na makipagtulungan. Masasabi na isa rin itong patotoo sa harap ni Satanas. Ang patotoo sa ngayon ang epektong nakakamit ng kasalukuyang gawain ng panlulupig, at isa ring halimbawa at huwaran ng mga alagad sa hinaharap. Sa hinaharap, kakalat ito sa lahat ng bansa; ang gawaing ginagawa sa Tsina ay kakalat sa lahat ng bansa. Ang mga inapo ni Moab ang pinakaaba sa lahat ng tao sa buong mundo. Nagtatanong ang ilang tao, "Hindi ba ang mga inapo ni Ham ang pinakaaba sa lahat?" Ang mga supling ng malaking pulang dragon at ang mga inapo ni Ham ay magkaiba ang laki ng kahalagahan, at ang mga inapo ni Ham ay ibang bagay: Paano man sila isinumpa, mga inapo pa rin sila ni Noe; ang mga pinagmulan ni Moab, samantala, ay hindi puro: Si Moab ay nagmula sa pakikiapid, at nariyan ang pagkakaiba. Bagama't parehong isinumpa, hindi magkapareho ang kanilang katayuan, kaya nga ang mga inapo ni Moab ang pinakaaba sa lahat ng tao—at wala nang iba pang katotohanang mas kapani-paniwala kaysa sa panlulupig sa pinakaaba sa lahat ng tao. Ang gawain ng mga huling araw ay lumalabag sa lahat ng panuntunan, at isumpa ka man o parusahan, basta't tumutulong ka sa Aking gawain at may pakinabang sa gawain ng panlulupig ngayon, at inapo ka man ni Moab o supling ng malaking pulang dragon, basta't nagagampanan mo ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos sa yugtong ito ng gawain at ginagawa mo ang lahat

na kaya mo, makakamit ang hangad na epekto. Ikaw ang supling ng malaking pulang dragon, at ikaw ay isang inapo ni Moab; sa kabuuan, lahat ng may laman at dugo ay mga nilalang ng Diyos, at nilikha ng Lumikha. Ikaw ay isang nilalang ng Diyos, hindi ka dapat magkaroon ng anumang pagpipilian, at ito ang iyong tungkulin. Mangyari pa, ngayon ay nakatuon ang gawain ng Lumikha sa buong sansinukob. Kanino ka man nagmula, higit sa lahat ay isa ka sa mga nilalang ng Diyos, kayo—mga inapo ni Moab—ay bahagi ng mga nilalang ng Diyos, na ang tanging kaibhan ay na mas mababa ang inyong kahalagahan. Yamang, ngayon, ang gawain ng Diyos ay isinasagawa sa lahat ng nilalang at nakatuon sa buong sansinukob, malaya ang Lumikha na pumili ng sinumang mga tao, usapin, o bagay upang gawin ang Kanyang gawain. Wala Siyang pakialam kung kanino ka nagmula dati; basta't isa ka sa Kanyang mga nilalang, at basta't kapaki-pakinabang ka sa Kanyang gawain—ang gawain ng panlulupig at patotoo—isasagawa Niya ang Kanyang gawain sa iyo nang walang pag-aalinlangan. Sinisira nito ang tradisyonal na mga kuru-kuro ng mga tao, na ang Diyos ay hindi gagawa kailanman sa mga Hentil, lalo na roon sa mga naisumpa at aba; para sa mga taong naisumpa, lahat ng henerasyon sa hinaharap na nagmumula sa kanila ay isusumpa rin magpakailanman, at hindi kailanman magkakaroon ng pagkakataong maligtas; hindi kailanman bababa ang Diyos at gagawa sa lupain ng Hentil, at hindi kailanman tatapak sa lupain ng karumihan, sapagkat Siya ay banal. Lahat ng kuru-kurong ito ay sinira na ng gawain ng Diyos sa mga huling araw. Dapat ninyong malaman na ang Diyos ang Diyos ng lahat ng nilalang, hawak Niya ang kapamahalaan sa kalangitan at lupa at lahat ng bagay, at hindi lamang Diyos ng mga tao ng Israel. Sa gayon, napakahalaga ng gawaing ito sa Tsina, at hindi ba ito lalaganap sa lahat ng bansa? Ang malaking patotoo sa hinaharap ay hindi magiging limitado sa Tsina; kung kayo lamang ang nilupig ng Diyos, maaari bang makumbinsi ang mga demonyo? Hindi nila nauunawaan ang malupig, o ang dakilang kapangyarihan ng Diyos, at kapag namasdan ng mga taong hinirang ng Diyos sa buong sansinukob ang huling mga epekto ng gawaing ito, saka lamang malulupig ang lahat ng nilalang. Wala nang mas paurong o tiwali kaysa sa mga inapo ni Moab. Kung malulupig ang mga taong ito—sila na napakatiwali, na hindi kinilala ang Diyos o naniwala na may isang Diyos ay nalupig na, at kinikilala ang Diyos sa kanilang bibig, pinupuri Siya, at nagagawa Siyang mahalín—saka lamang ito magiging patotoo tungkol sa panlulupig. Bagama't hindi kayo si Pedro, isinasabuhay ninyo ang imahe ni Pedro, nagagawa ninyong taglayin ang patotoo ni Pedro, at ni Job, at ito ang pinakadakilang patotoo. Sa huli sasabihin mo: “Hindi kami mga Israelita, kundi pinabayaang mga inapo ni Moab, hindi kami si Pedro, na ang kakayahan ay hindi namin kaya, ni hindi kami si Job, at ni hindi kami maikukumpara sa matibay na pagpapasiya ni Pablo na magdusa para sa Diyos at ilaan ang kanyang sarili sa Diyos, at masyado kaming paurong, at sa gayon, hindi kami karapat-dapat na magtamasa ng mga pagpapala ng Diyos. Itinaas pa rin kami ng Diyos ngayon; kaya kailangan naming palugurin ang Diyos, at bagama't hindi sapat ang aming kakayahan o mga katangian, handa kaming palugurin ang Diyos—ito ang

aming matibay na pasiya. Kami ay mga inapo ni Moab, at kami ay isinumpa. Iniutos ito ng Diyos, at hindi namin kayang baguhin ito, ngunit maaaring magbago ang aming pagsasabuhay at aming kaalaman, at matibay ang aming pasiya na palugurin ang Diyos.” Kapag mayroon ka ng matibay na pagpapasiyang ito, magpapatunay ito na nagpatotoo ka na nalupig ka na.

Ang Katotohanang Nakapaloob sa Gawain ng Paglupig 3

Ang epektong nilayon ng gawain ng panlulupig, una sa lahat, ay upang hindi na maging suwail ang laman ng tao; ibig sabihin, upang magtamo ng bagong kaalaman ang isipan ng tao tungkol sa Diyos, upang ang puso ng tao ay lubusang sumunod sa Diyos, at upang higit na hangarin ng tao na maging para sa Diyos. Hindi itinuturing na nalupig ang mga tao kapag nagbago ang kanilang pag-uugali o laman; kapag nagbago ang pag-iisip, kamalayan, at katinuan ng tao, ibig sabihin, kapag nagbago ang iyong buong ugaling pangkaisipan—iyon ay kapag nalupig ka na ng Diyos. Kapag naipasiya mo nang sumunod at nagkaroon ka na ng isang bagong mentalidad, kapag hindi mo na dala-dala ang anuman sa iyong sariling mga kuru-kuro o layon sa mga salita at gawain ng Diyos, at kapag nakakapag-isip na nang normal ang iyong utak—na ibig sabihin, kapag kaya mo nang magsikap para sa Diyos nang buong puso mo—ikaw ang uri ng tao na lubusang nalupig. Sa relihiyon, maraming taong nagdurusa nang husto sa buong buhay nila: Sinusupil nila ang kanilang katawan at pinapasan ang kanilang krus, at patuloy pa silang nagdurusa at nagtitiis kapag nasa bingit na ng kamatayan! Nag-aayuno pa rin ang ilan sa umaga ng kanilang kamatayan. Buong buhay nila ay pinagkakaitan nila ang kanilang sarili ng masasarap na pagkain at magagarang damit, habang nakatuon sa pagdurusa. Nagagawa nilang supilin ang kanilang katawan at talikuran ang kanilang laman. Kapuri-puri ang sigla nilang magtiis ng pagdurusa. Ngunit ang kanilang pag-iisip, ang kanilang mga kuru-kuro, ang kanilang ugaling pangkaisipan, at tunay ngang ang dati nilang likas na pagkatao, ay hindi pa napakitunguhan kahit kaunti. Wala silang tunay na kaalaman tungkol sa kanilang sarili. Ang larawan ng Diyos na nasa kanilang isipan ay ang tradisyunal at malabong Diyos. Ang matibay na pasiya nilang magdusa para sa Diyos ay nagmumula sa kanilang kasigasigan at mabuting katangian ng kanilang pagkatao. Kahit naniniwala sila sa Diyos, hindi nila Siya nauunawaan ni hindi nila alam ang Kanyang kalooban. Pikit-mata lamang silang gumagawa at nagdurusa para sa Diyos. Hindi nila binibigyan ng anumang halaga ang pagtukoy, halos walang pakialam kung paano titiyakin na talagang tinutupad ng kanilang paglilingkod ang kalooban ng Diyos, lalo nang wala silang kamalayan kung paano magkamit ng kaalaman tungkol sa Diyos. Ang Diyos na kanilang pinaglilingkuran ay hindi ang Diyos sa Kanyang orihinal na larawan, kundi isang Diyos na inilarawan nila sa kanilang isip, isang Diyos na

nabalitaan lamang nila, o nabasa lamang nila sa mga nakasulat na alamat. Pagkatapos ay ginagamit nila ang kanilang mayayabong na imahinasyon at pagiging deboto upang magdusa para sa Diyos at isagawa ang gawain ng Diyos na nais gawin ng Diyos. Lubhang walang katuturan ang kanilang paglilingkod, kaya nga halos walang sinuman sa kanila ang tunay na nagagawang maglingkod sa Diyos alinsunod sa kalooban ng Diyos. Gaano kasaya man silang nagdurusa, ang orihinal nilang pananaw sa paglilingkod at ang larawan ng Diyos sa kanilang isipan ay hindi nagbabago, dahil hindi pa sila nagdaraan sa paghatol, pagkastigo, pagpipino, at pagpeperpekto ng Diyos, ni hindi sila nagabayan ng sinuman gamit ang katotohanan. Kahit naniniwala sila kay Jesus na Tagapagligtas, walang sinuman sa kanila ang nakakita sa Tagapagligtas kailanman. Nalalaman lamang nila ang tungkol sa Kanya sa pamamagitan ng mga alamat at sabi-sabi. Dahil dito, ang kanilang paglilingkod ay katumbas lamang ng walang pinipiling paglilingkod nang nakapikit, tulad ng isang bulag na naglilingkod sa sarili niyang ama. Ano, sa bandang huli, ang makakamit ng gayong uri ng paglilingkod? At sino ang sasang-ayon dito? Mula simula hanggang wakas, ganoon pa rin ang kanilang paglilingkod sa lahat ng dako; tumatanggap lamang sila ng mga aralna gawa ng tao at ibinabatay lamang nila ang kanilang paglilingkod sa kanilang naturalesa at sa kanilang sariling mga kagustuhan. Anong gantimpala ang idudulot nito? Kahit si Pedro, na nakakita kay Jesus, ay hindi alam kung paano maglingkod alinsunod sa kalooban ng Diyos; nalaman lamang niya ito sa bandang huli, noong matanda na siya. Ano ang sinasabi nito tungkol sa mga taong bulag na hindi pa nakaranas ng kahit kaunting pakikitungo o pagtatabas, at walang sinumang gumagabay sa kanila? Hindi ba kagaya nang sa mga taong bulag na ito ang paglilingkod ng marami sa inyo ngayon? Lahat ng hindi pa nakatanggap ng paghatol, hindi pa nakatanggap ng pagtatabas at pakikitungo, at hindi pa nagbago—hindi ba lahat sila ay hindi pa lubusang nalupig? Ano ang silbi ng gayong mga tao? Kung ang iyong pag-iisip, iyong kaalaman tungkol sa buhay, at iyong kaalaman tungkol sa Diyos ay hindi nagpapakita ng pagbabago at wala ka talagang napapala, hindi ka magkakamit kailanman ng anumang pambihira sa iyong paglilingkod! Kung wala kang pangitain at bagong kaalaman tungkol sa gawain ng Diyos, ikaw ay hindi nalupig. Ang paraan ng pagsunod mo sa Diyos kung gayon ay magiging katulad ng mga nagdurusa at nag-aayuno: maliit ang halaga! Dahil mismo sa maliit na patotoo sa kanilang ginagawa kaya Ko sinasabi na walang saysay ang kanilang paglilingkod! Ang mga taong ito ay buong buhay na nagdusa at gumugol ng oras sa bilanguan; lagi silang matiisin, mapagmahal, at nagpapasan ng krus, nililibak sila at itinatakwil ng mundo, nagdaranas ng lahat ng hirap, at bagama't masunurin sila hanggang sa huli, hindi pa rin sila nalulupig, at walang maibahaging patotoo na nalupig na sila. Nagdusa na sila nang malaki, ngunit sa kanilang kalooban ay ni hindi man lamang nila kilala ang Diyos. Wala sa kanilang dating pag-iisip, mga kuru-kuro, mga relihiyosong gawi, kaalamang gawa ng tao, at mga ideya ng tao ang napakitunguhan. Wala sila ni katiting na pahiwatig ng bagong kaalaman sa kanilang kalooban. Wala ni katiting ng kanilang kaalaman tungkol sa Diyos ang totoo o tumpak.

Mali ang pagkaunawa nila sa kalooban ng Diyos. May silbi ba ito sa Diyos? Anuman ang kaalaman mo tungkol sa Diyos noong araw, kung ganoon pa rin iyon ngayon at patuloy mong ibinabatay ang iyong kaalaman tungkol sa Diyos sa sarili mong mga kuru-kuro at ideya anuman ang ginagawa ng Diyos, na ang ibig sabihin ay kung wala kang taglay na bago at tunay na kaalaman tungkol sa Diyos at kung nabigo kang malaman ang tunay na larawan at disposisyon ng Diyos, kung ang iyong kaalaman tungkol sa Diyos ay ginagabayan pa rin ng pyudal at mapamahiing pag-iisip at nagmumula pa rin sa mga imahinasyon at kuru-kuro ng tao, hindi ka pa nalulupig. Ang lahat ng maraming salitang sinasabi Ko ngayon sa iyo ay para malaman mo na upang maakay ka ng kaalamang ito sa isang bago at tumpak na kaalaman; ang mga ito ay para alisin rin ang mga lumang kuru-kuro at mga lumang kaalaman mo, upang magtaglay ka ng bagong kaalaman. Kung tunay mong kinakain at iniinom ang Aking mga salita, ang iyong kaalaman ay lubhang magbabago. Basta't kinakain at iniinom mo ang mga salita ng Diyos na may pusong masunurin, babaligtad ang iyong pananaw. Basta't nagagawa mong tanggapin ang paulit-ulit na mga pagkastigo, unti-unting magbabago ang iyong dating mentalidad. Basta't lubos na napalitan ng bago ang iyong dating mentalidad, magbabago rin ang iyong pagsasagawa ayon dito. Sa ganitong paraan, ang iyong paglilingkod ay unti-unting makakaayon sa layunin, unti-unting magagawang tuparin ang kalooban ng Diyos. Kung mababago mo ang iyong pamumuhay, ang iyong kaalaman tungkol sa buhay ng tao, at ang iyong maraming kuru-kuro tungkol sa Diyos, unti-unting mababawasan ang iyong naturalesa. Ito, at wala nang iba, ang epekto kapag nilupig ng Diyos ang mga tao, ito ang pagbabagong nangyayari sa mga tao. Kung, sa iyong pananampalataya sa Diyos, ang tanging alam mo ay supilin ang iyong katawan at magtiis at magdusa, at hindi mo alam kung iyan ay tama o mali, lalo na kung para kanino ito ginagawa, paano maaaring humantong sa pagbabago ang gayong uri ng pagsasagawa?

Unawain na ang Aking hinihiling sa inyo ay hindi ang alipinin ang inyong katawan o pigilan ang inyong isipan sa pag-iisip ng mga kaisipang di-makatwiran. Hindi ito ang layunin ng gawain, ni ang gawaing kailangang gawin ngayon mismo. Ngayon mismo, kailangan ninyong magkaroon ng kaalaman mula sa positibong aspeto upang mabago ninyo ang inyong sarili. Ang pinaka-kailangang gawin ay sangkapan ang inyong sarili ng mga salita ng Diyos, ibig sabihin ay lubusang armas ang inyong sarili ng katotohanan at pananaw ng kasalukuyan, at pagkatapos ay humayo at isagawa ang mga ito. Ito ang inyong responsibilidad. Hindi Ko hinihiling sa inyo na maghangad at magtamo ng higit pang pagpapalinaw. Sa kasalukuyan, hindi talaga ninyo taglay ang tayog para doon. Ang kinakailangan sa inyo ay gawin ang lahat ng inyong makakaya upang makain at mainom ang mga salita ng Diyos. Kailangan ninyong maunawaan ang gawain ng Diyos at malaman ang inyong likas na pagkatao, ang inyong diwa, at ang dati ninyong pamumuhay. Kailangan ninyong malaman, lalo na, ang mga mali at kakatwang gawing iyon at ang mga ginagawa ng tao na sinasalihan ninyo. Para magbago, kailangan ninyong simulang baguhin ang inyong pag-iisip. Una, palitan ng bago ang inyong dating pag-iisip,

at hayaang gabayan ng inyong bagong pag-iisip ang inyong mga salita at kilos at ang inyong pamumuhay. Ito ang hinihiling sa bawat isa sa inyo ngayon. Huwag magsasagawa nang pikit-mata o sumunod nang pikit-mata. Dapat kayong magkaroon ng isang batayan at isang pakay. Huwag ninyong lokohin ang inyong sarili. Dapat ninyong malaman kung para saan talaga ang inyong pananampalataya sa Diyos, kung ano ang mapapala ninyo mula rito, at kung ano ang dapat ninyong pasukin ngayon mismo. Kinakailangang malaman ninyo ang lahat ng ito.

Ang dapat ninyong pasukin sa kasalukuyan ay ang iangat ang inyong pamumuhay at paghusayin ang inyong kakayahan. Dagdag pa rito, kailangan ninyong baguhin yaong mga dating pananaw mula sa inyong nakaraan, baguhin ang inyong pag-iisip, at baguhin ang inyong mga kuru-kuro. Ang inyong buong pamumuhay ay nangangailangan ng pagpapanibago. Kapag nagbago ang iyong kaalaman tungkol sa mga gawa ng Diyos, kapag mayroon kang bagong kaalaman tungkol sa katotohanan ng lahat ng sinasabi ng Diyos, at kapag ang kaalamang nasa iyong kalooban ay angat, bubuti ang iyong pamumuhay. Lahat ng ginagawa at sinasabi ng mga tao ngayon ay praktikal. Hindi ito mga doktrina, kundi sa halip ay mga bagay na kailangan ng mga tao sa kanilang buhay at dapat nilang taglayin. Ito ang pagbabagong nagaganap sa mga tao sa gawain ng panlulupig, ang pagbabagong dapat maranasan ng tao, at ito ang epekto matapos silang malupig. Kapag nabago mo na ang iyong pag-iisip, nag-angkin ka na ng bagong ugaling pangkaisipan, nabaligtad mo na ang iyong mga kuru-kuro at layunin at ang dati mong mga lohikal na pangangatwiran, naitapon mo na ang mga bagay na nakaugat nang malalim sa iyong kalooban, at nagtamo ka na ng bagong kaalaman tungkol sa pananampalataya sa Diyos, ang mga patotoong iyong ibinibigay ay aangat, at ang iyong buong pagkatao ay tunay nang nabago. Ang lahat ng ito ang pinaka-praktikal, pinaka-makatotohanan, at pinaka-pangunahin sa lahat ng bagay—mga bagay na hindi maintindihan ng mga tao noong araw, at mga bagay na hindi nila kayang harapin. Ang mga ito ang tunay na gawain ng Espiritu. Gaano mo ba talaga naunawaan ang Bibliya noong araw? Ikumpara ito sa ngayon at malalaman mo. Noong araw iniangat mo sa iyong isipan sina Moises, Pedro, Pablo, o ang lahat ng pahayag at pananaw sa Bibliya, at pinahalagahan ito sa lahat. Ngayon, kung hihilingan kang pahalagahan ang Bibliya sa lahat, gagawin mo ba iyon? Makikita mo na ang Bibliya ay naglalaman ng napakaraming tala na isinulat ng tao, at na ang Bibliya ay kuwento lamang ng tao tungkol sa dalawang yugto ng gawain ng Diyos. Ito ay isang aklat ng kasaysayan. Hindi ba ito nangangahulugan na nagbago na ang kaalaman mo tungkol dito? Kung tiningnan mo ang talaangkanan ni Jesus na nasa Ebanghelyo ni Mateo ngayon, sasabihin mong, “Talaangkanan ni Jesus? Kalokohan! Talaangkanan ito ni Jose, hindi ni Jesus. Walang kaugnayan si Jesus kay Jose.” Kapag tiningnan mo ang Bibliya ngayon, iba ang kaalaman mo tungkol dito, ibig sabihin ay nagbago na ang iyong pananaw, at naghahatid ka ng isang mas mataas na antas ng kaalaman dito kaysa sa mga nakatataas na relihiyosong pantas. Kung sasabihin ng isang tao na may isang bagay sa talaangkanang ito, sasagot ka ng, “Ano ang mayroon

dito? Magpatuloy ka at magpaliwanag. Hindi magkamag-anak sina Jesus at Jose. Hindi mo ba alam iyon? Maaari bang magkaroon ng talaangkanan si Jesus? Paano magkakaroon ng mga ninuno si Jesus? Paano Siya magiging inapo ng tao? Ang Kanyang katawang-tao ay ipinanganak ni Maria; ang Kanyang Espiritu ay ang Espiritu ng Diyos, hindi ang espiritu ng tao. Si Jesus ang pinakamamahal na Anak ng Diyos, kaya maaari ba Siyang magkaroon ng talaangkanan? Habang nasa lupa hindi Siya isang miyembro ng sangkatauhan, kaya paano Siya magkakaroon ng talaangkanan?” Kapag sinuri mo ang talaangkanan at ipinaliwanag mo nang malinaw ang katotohanan sa loob nito, na ibinabahagi kung ano ang iyong naunawaan, hindi makakaimik ang taong iyon. Sasangguni ang ilang tao sa Bibliya at tatanungin ka, “May talaangkanan si Jesus. May talaangkanan ba ang iyong Diyos sa ngayon?” Sa gayon ay sasabihin mo sa kanila ang iyong kaalaman, na siyang pinaka-totoo sa lahat, at sa ganitong paraan, ang iyong kaalaman ay nagkaroon na ng epekto. Ang totoo, walang kaugnayan si Jesus kay Jose, lalo na kay Abraham; isinilang lamang Siya sa Israel. Gayunman, ang Diyos ay hindi isang Israelita o isang inapo ng mga Israelita. Dahil lamang sa isinilang Siya sa Israel ay hindi nangangahulugan na ang Diyos ay Diyos lamang ng mga Israelita. Para lamang sa Kanyang gawain kaya Niya isinagawa ang gawain ng pagkakatawang-tao. Ang Diyos ay ang Diyos ng lahat ng nilikha sa buong sansinukob. Isinagawa lamang muna Niya ang isang yugto ng Kanyang gawain sa Israel, pagkatapos ay nagsimula Siyang gumawa sa mga bansang Hentil. Gayunman, itinuring ng mga tao si Jesus na Diyos ng mga Israelita, at saka ibinilang Siya sa mga Israelita at sa mga inapo ni David. Sinasabi sa Bibliya na sa mga huling araw, ang pangalan ni Jehova ay magiging dakila sa mga bansang Hentil, ibig sabihin ay gagawa ang Diyos sa mga bansang Hentil sa mga huling araw. Ang pagkakatawang-tao ng Diyos sa Judea ay hindi nagpapahiwatig na mga Hudyo lamang ang mahal ng Diyos. Nangyari lamang iyon dahil iyon ang hinihingi ng gawain; hindi totoo na ang Diyos ay nagkatawang-tao lamang sa Israel (dahil ang mga Israelita ang mga taong Kanyang hinirang). Hindi ba matatagpuan din ang mga taong hinirang ng Diyos sa mga bansang Hentil? Nang matapos si Jesus sa paggawa sa Judea, saka pinalawak ang gawain sa mga bansang Hentil. (Tinawag ng mga Israelita ang lahat ng bansa maliban sa Israel na “mga bansang Hentil.”) Ang totoo, mayroon ding mga hinirang na tao ng Diyos sa mga bansang Hentil; kaya lamang ay wala pang gawaing ginagawa roon sa panahong iyon. Gayon ang pagbibigay-diin ng mga tao sa Israel dahil ang unang dalawang yugto ng gawain ay naganap sa Israel samantalang walang gawaing ginagawa noon sa mga bansang Hentil. Ang gawain sa mga bansang Hentil ay nagsisimula pa lamang ngayon, kaya nga nahihirapang masyado ang mga tao na tanggapin ito. Kung kaya mong unawain nang malinaw ang lahat ng ito, kung nagagawa mong intindihin at ituring ito nang tama, magkakaroon ka ng tumpak na kaalaman tungkol sa Diyos ng ngayon at noong araw, at ang bagong kaalamang ito ay magiging mas mataas kaysa sa kaalaman tungkol sa Diyos na tinaglay ng lahat ng banal sa buong kasaysayan. Kung nararanasan mo ang gawain ng ngayon at naririnig ang personal na

mga pagbigkas ng Diyos ngayon, subalit walang kaalaman tungkol sa kabuuan ng Diyos, at ang iyong paghahangad ay nananatiling tulad ng dati at hindi napalitan ng anumang bago, lalo na kung nararanasan mo ang buong gawaing ito ng panlulupig, subalit sa bandang huli ay walang makitang anumang pagbabago sa iyo, hindi ba ang iyong pananampalataya ay katulad ng mga naghahanap lamang ng tinapay para mapawi ang kanilang gutom? Kung gayon, walang natamong anumang epekto sa iyo ang gawain ng panlulupig. Sa gayon ay hindi ka ba magiging isa sa mga aalisin?

Kapag nagwakas na ang lahat ng gawain ng panlulupig, mahalagang unawain ninyong lahat na ang Diyos ay hindi lamang Diyos ng mga Israelita, kundi ng lahat ng nilikha. Nilikha Niya ang buong sangkatauhan, hindi lamang ang mga Israelita. Kung sasabihin mo na ang Diyos ay Diyos lamang ng mga Israelita o na imposibleng magkatawang-tao ang Diyos sa anumang bansa sa labas ng Israel, kailangan mo pang magtamo ng kahit anong kaalaman habang nagpapatuloy ang gawain ng panlulupig, at hindi mo kinikilala kahit sa pinakamaliit na paraan na ang Diyos ay iyong Diyos; kinikilala mo lamang na ang Diyos ang lumipat mula Israel hanggang Tsina at pinipilit na maging Diyos mo. Kung ganito pa rin ang pagtingin mo sa mga bagay-bagay, hindi nagbunga ang Aking gawain sa iyo, at hindi mo naunawaan ni isang bagay na Aking sinabi. Kung, sa bandang huli, sumulat ka ng isa pang talaangkanan para sa Akin tulad ng ginawa ni Mateo, na hinahanap ang angkop na ninuno para sa Akin, hinahanap ang tama Kong ninuno—nang sa gayon ay may dalawang talaangkanan ang Diyos para sa Kanyang dalawang pagkakatawang-tao—hindi ba iyon ang magiging pinakamalaking biro sa mundo? Hindi ba ikaw, itong “taong may mabuting hangarin” na nakatagpo ng isang talaangkanan para sa Akin, ang naging isang taong naghati sa Diyos? Kaya mo bang pasanin ang bigat ng kasalanang ito? Pagkatapos ng lahat ng gawain ng panlulupig na ito, kung hindi ka pa rin naniniwala na ang Diyos ang Diyos ng lahat ng nilikha, kung iniisip mo pa rin na ang Diyos ay Diyos lamang ng mga Israelita, hindi mo ba hayagang nilalabanan ang Diyos? Ang layunin ng paglupig sa iyo ngayon ay upang kilalanin mo na ang Diyos ay iyong Diyos at Diyos din ng iba, at ang pinakamahalaga ay Siya ang Diyos ng lahat ng nagmamahal sa Kanya, at ang Diyos ng lahat ng nilikha. Siya ang Diyos ng mga Israelita at ang Diyos ng mga tao sa Ehipto. Siya ang Diyos ng mga Briton at ang Diyos ng mga Amerikano. Hindi lamang Siya Diyos nina Adan at Eba, kundi Diyos din ng lahat ng inapo nila. Siya ang Diyos ng lahat ng nasa langit at lahat ng nasa lupa. Lahat ng pamilya, Israelita man sila o Hentil, ay pawang nasa mga kamay ng iisang Diyos. Hindi lamang Siya gumawa sa Israel nang ilang libong taon at minsang isinilang sa Judea, kundi ngayon ay bumaba Siya sa Tsina, ang lugar na ito kung saan nakahimlay na nakapalupot ang malaking pulang dragon. Kung sa pagsilang sa Judea ay naging Hari Siya ng mga Hudyo, hindi ba sa pagbaba sa piling ninyong lahat ngayon ay naging Diyos Siya ninyong lahat? Ginabayan Niya ang mga Israelita at isinilang Siya sa Judea, at isinilang din Siya sa isang lupain ng mga Hentil. Hindi ba ginagawa ang lahat ng Kanyang gawain para sa buong sangkatauhan na Kanyang nilikha? Mahal ba Niya ang

mga Israelita nang isandaang ulit at kinamumuhian ang mga Hentil nang isanlibong ulit? Hindi ba iyan ang inyong kuru-kuro? Hindi totoo na ang Diyos hindi ninyo naging Diyos kailanman, kundi sa halip ay hindi lamang ninyo Siya kinikilala; hindi totoo na ayaw ng Diyos na maging inyong Diyos, kundi sa halip ay ayaw ninyo sa Kanya. Sino sa mga nilikha ang wala sa mga kamay ng Makapangyarihan sa lahat? Sa paglupig sa inyo ngayon, hindi ba ang layunin ay upang kilalanin ninyo na ang Diyos ay walang iba kundi ang inyong Diyos? Kung iginigiit pa rin ninyo na ang Diyos ay Diyos lamang ng mga Israelita, at iginigiit pa rin ninyo na ang sambahayan ni David sa Israel ang pinanggalingan ng pagsilang ng Diyos, at na walang bansa maliban sa Israel ang karapat-dapat na “gumawa” ng Diyos, lalong hindi kaya ng sinumang pamilyang Hentil na personal na tanggapin ang gawain ni Jehova—kung ganito pa rin ang iniisip mo, hindi ba matigas ang ulo mo? Huwag kang magtuon palagi sa Israel. Narito mismo ang Diyos sa piling ninyo ngayon. Huwag ka ring tumingala palagi sa langit. Tumigil ka sa pangungulila sa iyong Diyos sa langit! Naparito na ang Diyos sa piling ninyo, kaya paano Siya mapupunta sa langit? Hindi ka naniwala sa Diyos sa loob ng napakahabang panahon, subalit napakarami mong kuru-kuro tungkol sa Kanya, hanggang sa hindi ka nangangahas kahit saglit na isipin na mamarapatin ng Diyos ng mga Israelita na biyayaan kayo ng Kanyang presensya. Lalo pang hindi kayo nangangahas na isipin kung paano ninyo makikita ang Diyos na magpakita nang personal, dahil talagang napakarumi ninyo. Ni hindi ninyo naisip kahit kailan kung paano maaaring personal na bumaba ang Diyos sa isang lupain ng mga Hentil. Dapat Siyang bumaba sa Bundok ng Sinai o sa Bundok ng mga Olivo at magpakita sa mga Israelita. Hindi ba kinamumuhian Niya ang lahat ng Hentil (ibig sabihin, ang mga tao sa labas ng Israel)? Paano Siya personal na gagawa sa kanila? Lahat ng ito ay mga kuru-kuro na malalim nang nag-ugat sa inyo sa paglipas ng maraming taon. Ang layunin ng paglupig sa inyo ngayon ay upang putulin ang mga kuru-kuro ninyong ito. Sa gayon ninyo namamasdan ang personal na pagpapakita ng Diyos sa inyo—hindi sa Bundok ng Sinai o sa Bundok ng mga Olivo, kundi sa mga taong hindi pa Niya nagabayan dati. Matapos isagawa ng Diyos ang dalawang yugto ng Kanyang gawain sa Israel, ang mga Israelita pati na ang lahat ng Hentil ay nagkaroon ng kuru-kuro na samantalang totoo na nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay, nakahanda lamang Siyang maging Diyos ng mga Israelita, hindi Diyos ng mga Hentil. Naniniwala ang mga Israelita sa mga sumusunod: Ang Diyos ay Diyos lamang namin, hindi Diyos ninyong mga Hentil, at dahil hindi ninyo sinasamba si Jehova, si Jehova kung gayon—ang aming Diyos—ay kinasusuklaman kayo. Naniniwala rin ang mga Hudyong iyon sa mga sumusunod: Ang Panginoong Jesus ay kamukha naming mga Hudyo at Siya ay isang Diyos na nagtataglay ng tanda ng mga Hudyo. Sa amin gumagawa ang Diyos. Magkatulad ang larawan ng Diyos at ang aming larawan; ang aming larawan ay hawig sa Diyos. Ang Panginoong Jesus ang Hari naming mga Hudyo; ang mga Hentil ay hindi karapat-dapat na tumanggap ng gayon kadakilang kaligtasan. Ang Panginoong Jesus ang handog dahil sa kasalanan para sa aming mga Hudyo. Batay lamang sa dalawang yugtong iyon

ng gawain nabuo ng mga Israelita at Hudyo ang lahat ng kuru-kuro na ito. Mapagmataas nilang inaangkin na sa kanila lamang ang Diyos, at hindi pumapayag na ang Diyos ay Diyos din ng mga Hentil. Sa ganitong paraan, naging isang puwang ang Diyos sa puso ng mga Hentil. Ito ay dahil lahat ay naniwala na ayaw ng Diyos na maging Diyos ng mga Hentil at ang tanging gusto Niya ay ang mga Israelita—ang mga taong Kanyang hinirang—at ang mga Hudyo, lalo na ang mga disipulong sumunod sa Kanya. Hindi ba ninyo alam na ang gawaing ginawa nina Jehova at Jesus ay para sa ikaliligtas ng buong sangkatauhan? Kinikilala na ba ninyo ngayon na ang Diyos ay Diyos ninyong lahat na isinilang sa labas ng Israel? Hindi ba narito mismo ang Diyos sa piling ninyo ngayon? Hindi ito maaaring maging isang panaginip, hindi ba? Hindi ba ninyo tinatanggap ang realidad na ito? Hindi kayo nangangahas na maniwala rito o pag-isipan ito. Ano man ang tingin ninyo rito, hindi ba narito mismo ang Diyos sa inyong piling? Natatakot pa rin ba kayong maniwala sa mga salitang ito? Simula sa araw na ito, hindi ba lahat ng taong nalupig at lahat ng nais maging alagad ng Diyos ay mga taong hinirang ng Diyos? Hindi ba lahat kayo, na mga alagad ngayon, ang mga taong hinirang sa labas ng Israel? Hindi ba kapareho ng mga Israelita ang inyong katayuan? Hindi ba ang lahat ng ito ang dapat ninyong tanggapin? Hindi ba ito ang layunin ng gawain ng panlulupig sa inyo? Dahil nakikita ninyo ang Diyos, Siya ang magiging Diyos ninyo magpakailanman, mula simula hanggang sa hinaharap. Hindi Niya kayo pababayaang basta't handa kayong lahat na sumunod sa Kanya at maging Kanyang tapat at masunuring mga nilalang.

Gaano man hangarin ng mga tao na mahalin ang Diyos, karaniwan ay naging masunurin sila sa pagtalima sa Kanya hanggang ngayon. Pagsapit ng wakas, kung kailan matatapos ang yugtong ito ng gawain, saka lamang sila lubos na magsisisi. Iyon ang panahon kung kailan tunay na malulupig ang mga tao. Sa ngayon, nasa proseso lamang sila ng nalulupig. Sa sandaling magwakas ang gawain, ganap na silang malulupig, ngunit hindi pa ngayon! Kahit kumbinsido ang lahat, hindi ito nangangahulugan na lubos na silang nalupig. Ito ay dahil, sa kasalukuyan, mga salita pa lamang ang nakita ng mga tao at hindi ang totoong mga pangyayari, at hindi pa rin sila nakatitiyak, gaano man kalalim sila naniniwala. Kaya nga sa huling totoong pangyayari lamang na iyon, na nagkakatotoo ang mga salita, lubos na malulupig ang mga tao. Sa ngayon, ang mga taong ito ay nilulupig dahil marami silang naririnig na hiwaga na noon lamang nila narinig. Ngunit sa kalooban ng bawat isa sa kanila, naghahanap at naghihintay pa rin sila sa ilang totoong pangyayari na nagtutulot sa kanilang makita na nagkakatotoo ang bawat salita ng Diyos. Saka lamang sila ganap na makukumbinsi. Sa bandang huli, kapag nakita na ng lahat na nagkakatotoo ang mga ito, at ang mga realidad na ito ay naging sanhi para makadama sila ng katiyakan, saka lamang sila magpapakita ng pananalig sa kanilang puso, sa kanilang pananalita, at sa kanilang mga mata, at lubos silang makukumbinsi sa kaibuturan ng kanilang puso. Ito ang likas na pagkatao ng tao: Kailangan ninyong makita na nagkakatotoong lahat ang mga salita, kailangan ninyong makitang nagaganap ang ilang totoong pangyayari at makita ang kalamidad na sumasapit sa ilang tao, at sa

gayon ay lubos kayong makukumbinsi sa inyong kalooban. Gaya ng mga Hudyo, abala kayong tumingin sa mga tanda at himala. Subalit patuloy kayong nabibigong makita na mayroong mga tanda at himala at na nangyayari ang mga realidad na dapat magmulat nang husto sa inyong mga mata. Isang tao man ito na bumababa mula sa langit, o isang haligi ng mga ulap na nagsasalita sa inyo, o ang Aking pagsasagawa ng pagpapalayas ng masamang espiritu sa isa sa inyo, o ang Aking tinig na dumadagundong na parang kulog sa inyo, lagi ninyong nais at laging nanaisin na makita ang ganitong klaseng pangyayari. Masasabi ng isang tao na sa paniniwala sa Diyos, ang inyong pinakadakilang hiling ay makita ang Diyos na dumarating at personal na nagpapakita sa inyo ng isang tanda. Sa gayon ay masisiyahan kayo. Para malupig kayong mga tao, kailangan Kong magsagawa ng gawaing katulad ng paglikha ng mga kalangitan at lupa, at pagkatapos bukod pa rito, ay pakitaan kayo ng isang tanda. Sa gayon, ganap na malulupig ang inyong puso.

Ang Katotohanang Nakapaloob sa Gawain ng Paglupig 4

Ano ang ibig sabihin ng magawang perpekto? Ano ang ibig sabihin ng malupig? Ano ang pamantayang kailangang matugunan para malupig ang mga tao? At ano ang pamantayang kailangang matugunan para magawa silang perpekto? Ang paglupig at pagpeperpekto ay kapwa para sa layunin na gawing ganap ang tao upang maipanumbalik siya sa kanyang orihinal na wangis, at mapalaya sa kanyang tiwali at napakasamang disposisyon at sa impluwensya ni Satanas. Ang paglupig na ito ay maagang dumarating sa proseso ng paghubog sa tao; tunay ngang ito ang unang hakbang ng gawain. Pagpeperpekto ang pangalawang hakbang, at ito ang pangwakas na gawain. Bawat tao ay kailangang dumaan sa proseso ng paglupig. Kung hindi, walang paraan para makilala nila ang Diyos, ni hindi nila malalaman na may isang Diyos, na ibig sabihin ay imposible nilang kilalanin ang Diyos. At kung hindi kinikilala ng mga tao ang Diyos, imposible ring magawa silang ganap ng Diyos, yamang hindi mo naaabot ang mga pamantayang ito para magawang ganap. Kung hindi mo man lamang kinikilala ang Diyos, paano mo Siya makikilala? Paano mo Siya masusundan? Hindi mo rin magagawang magpatotoo sa Kanya, at lalong hindi ka magkakaroon ng pananampalataya upang palugurin Siya. Kaya, para sa sinumang nais magawang ganap, ang unang hakbang dapat ay magdaan sa gawain ng paglupig. Ito ang unang kundisyon. Ngunit ang paglupig at pagpeperpekto ay kapwa para hubugin ang mga tao at baguhin sila, at bawat isa ay bahagi ng gawain ng pamamahala sa tao. Kinakailangan ang dalawang hakbang na ito upang gawing buo ang isang tao, at parehong hindi maaaring pabayaang. Totoong ang “malupig” ay di-gaanong magandang pakinggan, ngunit sa totoo lang, ang proseso ng paglupig sa isang tao ay ang proseso ng pagbago sa kanila. Kapag nalupig ka na,

maaaring hindi pa naalis nang lubusan ang iyong tiwaling disposisyon, ngunit malalaman mo na ito. Sa pamamagitan ng gawain ng paglupig, malalaman mo na ang iyong abang pagkatao, pati na ang sarili mong pagsuway. Kahit hindi mo magawang alisin o baguhin ang mga bagay na ito sa loob ng maikling panahon ng gawain ng paglupig, malalaman mo ang mga ito, at ito ang maglalalatag ng pundasyon para sa iyong pagka-perpekto. Sa gayon, ang panlulupig at pagpeperpekto ay kapwa ginagawa upang baguhin ang mga tao, upang alisin sa kanila ang kanilang tiwali at satanikong mga disposisyon upang lubos nilang maialay ang kanilang sarili sa Diyos. Ang malupig ay unang hakbang lamang sa pagbabago ng disposisyon ng mga tao, at unang hakbang din sa lubusang pag-aalay ng mga tao ng kanilang sarili sa Diyos, at mas mababa kaysa sa hakbang na magawang perpekto. Ang disposisyon sa buhay ng isang taong nalupig ay di-gaanong nagbabago kumpara sa disposisyon ng isang taong nagawang perpekto. Ang malupig at magawang perpekto ay magkaiba sa isa't isa sa tingin dahil magkaibang yugto ng gawain ang mga ito at dahil magkaiba ang mga pamantayan nila sa mga tao; mas mababa ang mga pamantayan ng paglupig sa mga tao, samantalang mas mataas ang mga pamantayan ng pagpeperpekto sa kanila. Ang mga nagawang perpekto ay mga taong matuwid, mga taong nagawang banal; sila ang mga kaganapan ng gawain ng pamamahala sa sangkatauhan, o ang mga resulta. Kahit hindi sila mga perpektong tao, sila ay mga taong naghahangad na mamuhay nang makabuluhan. Samantala, kinikilala ng mga nalupig ang pag-iral ng Diyos sa salita lamang; kinikilala nila na nagkatawang-tao na ang Diyos, na nagpakita na ang Salita sa katawang-tao, at na pumarito na ang Diyos sa lupa upang gawin ang gawain ng paghatol at pagkastigo. Kinikilala rin nila na ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, at ang Kanyang paghampas at pagpipino, ay kapaki-pakinabang na lahat sa tao. Kailan lamang sila nagsimulang magkaroon ng kaunting wangis ng tao. Mayroon silang kaunting mga kabatiran sa buhay, ngunit may kalabuan pa rin ito sa kanila. Sa madaling salita, nagsisimula pa lamang silang magtaglay ng pagkatao. Ito ang mga epekto ng malupig. Kapag nagsimulang tumahak ang mga tao sa landas ng pagkaperpekto, ang dati nilang mga disposisyon ay may kakayahang magbago. Bukod dito, patuloy na lumalago ang kanilang buhay, at unti-unti silang pumapasok nang mas malalim sa katotohanan. Nagagawa nilang kamuhian ang mundo at lahat ng hindi nagsisikap na matamo ang katotohanan. Kinamumuhian nila lalo na ang kanilang sarili, ngunit higit pa ryan, malinaw nilang kilala ang kanilang sarili. Handa silang mamuhay ayon sa katotohanan at ginagawa nilang kanilang layunin na sikapang matamo ang katotohanan. Ayaw nilang mamuhay ayon sa mga kaisipang nabuo sa sarili nilang utak, at nakararamdam sila ng pagkamuhi sa pagmamagaling, kahambugan, at kapalaluan ng tao. Nagsasalita sila nang may matinding pagpapahalaga sa kagandahang-asal, nangangasiwa sa mga bagay-bagay nang may pagkakilala at karunungan, at matapat at masunurin sa Diyos. Kung nakararanas sila ng isang pagkakataon ng pagkastigo at paghatol, hindi lamang sila hindi nagiging walang kibo o mahina, kundi nagpapasalamat pa sila para sa pagkastigo at paghatol na ito ng Diyos. Naniniwala sila na hindi

maaaring wala silang pagkastigo at paghatol ng Diyos, na pinoprotektahan sila nito. Hindi sila nagsisikap na maghangad ng pananampalatayang magkaroon ng kapayapaan at kagalakan at maghanap ng tinapay upang mapawi ang gutom. Ni hindi rin sila naghahangad ng panandaliang kaaliwan ng laman. Ito ang nangyayari sa mga naperpekto. Matapos malupig ang mga tao, kinikilala nila na may isang Diyos, ngunit ang pagkilala na iyon ay naipapamalas sa kanila sa limitadong bilang ng mga pamamaraan. Ano ba talaga ang ibig sabihin ng Salitang nagpapakita sa katawang-tao? Ano ang kahulugan ng pagkakatawang-tao? Ano na ang nagawa ng Diyos na nagkatawang-tao? Ano ang layunin at kabuluhan ng Kanyang gawain? Matapos maranasan ang napakarami sa Kanyang gawain, matapos maranasan ang Kanyang mga gawa sa katawang-tao, ano ang iyong natamo? Matapos maunawaan ang lahat ng bagay na ito ay saka ka lamang magiging isang tao na nalupig. Kung sinasabi mo lamang na kinikilala mo na may isang Diyos, ngunit hindi mo tinatalikuran ang dapat mong talikuran, at hindi mo maisuko ang mga makamundong kasiyahanang dapat mong isuko, kundi sa halip ay patuloy kang nag-iimbot sa mga makamundong kaginhawahan tulad ng dati, at kung hindi mo magawang pakawalan ang anumang mga pagkiling laban sa mga kapatid, at hindi ka nagsasakripisyo sa pagsasakatuparan ng maraming simpleng pagsasagawa, pinatutunayan nito na hindi ka pa nalulupig. Kung gayon, kahit marami kang nauunawaan, mawawalan ng kabuluhan ang lahat ng iyon. Ang mga nalupig ay mga taong nagtamo ng ilang paunang mga pagbabago at paunang pagpasok. Ang pagdanas ng paghatol at pagkastigo ng Diyos ay nagdudulot sa mga tao ng paunang kaalaman tungkol sa Diyos, at ng paunang pagkaunawa sa katotohanan. Maaaring hindi mo kayang lubos na makapasok sa realidad ng mas malalim at mas detalyadong mga katotohanan, ngunit naisasagawa mo ang maraming panimulang katotohanan sa iyong aktwal na buhay, tulad ng mga may kalamayan sa iyong mga makamundong kasiyahan o sa iyong personal na katayuan. Lahat ng ito ay epekto na natatamo sa mga tao habang sila ay nilulupig. Makikita rin ang mga pagbabago sa disposisyon sa nalupig; halimbawa, ang paraan ng kanilang pananamit at pag-aayos sa kanilang sarili, at kung paano sila namumuhay—magbabago ang lahat ng ito. Ang kanilang pananaw tungkol sa paniniwala sa Diyos ay nagbabago, malinaw sa kanila ang mga layunin ng kanilang patuloy na pagsisikap, at may mas matataas silang hangarin. Sa gawain ng paglupig, nangyayari din ang nauukol na mga pagbabago sa kanilang disposisyon sa buhay. May mga pagbabago, ngunit mababaw, panimula, at napakababa kumpara sa mga pagbabago sa disposisyon at mga layunin ng patuloy na pagsisikap ng mga nagawang perpekto. Habang nilulupig, kung hindi man lamang magbago ang disposisyon ng isang tao, at hindi sila magtamo ng anumang katotohanan, ang taong ito ay isang basura, at ganap na walang silbi! Ang mga taong hindi pa nalulupig ay hindi maaaring magawang perpekto! Kung hinahangad lamang ng isang tao na malupig, hindi sila lubos na magagawang ganap, kahit nagpapakita ng ilang pagbabago ang kanilang mga disposisyon sa panahon ng gawain ng paglupig. Mawawala rin sa kanila ang mga paunang katotohanang kanilang natamo. May malaking

pagkakaiba sa pagitan ng pagbabago sa mga disposisyon sa mga nalupig at sa mga naperpekto. Ngunit ang malupig ang unang hakbang sa pagbabago; ito ang pundasyon. Ang kawalan ng paunang pagbabagong ito ay katunayan na talagang hindi man lamang kilala ng isang tao ang Diyos, yamang ang kaalamang ito ay nagmumula sa paghatol, at ang paghatol na iyon ay isang malaking bahagi ng gawain ng paglupig. Sa gayon, lahat ng ginawang perpekto ay kailangan munang malupig. Kung hindi, walang paraan para magawa silang perpekto.

Sinasabi mo na kinikilala mo ang Diyos na nagkatawang-tao at kinikilala mo ang pagpapakita ng Salita sa katawang-tao, subalit gumagawa ka ng ilang bagay sa Kanyang likuran, mga bagay na salungat sa Kanyang hinihingi, at sa puso mo ay wala kang takot sa Kanya. Pagkilala ba ito sa Diyos? Kinikilala mo ang mga sinasabi Niya, ngunit hindi mo isinasagawa ang kaya mong isagawa, ni hindi mo sinusundan ang Kanyang daan. Pagkilala ba ito sa Diyos? At bagama't kinikilala mo Siya, ang nasasaisip mo ay magingat lamang sa Kanya, hindi pagpipitagan kailanman. Kung nakita mo na at kinilala ang Kanyang mga gawain at alam mo na Siya ang Diyos, subalit nananatili kang malamig at lubos na walang pagbabago, ikaw ang klase ng taong hindi pa rin nalulupig. Ang mga nalupig ay kailangang gawin ang lahat ng makakaya nila, at bagama't hindi sila makapasok sa mas matataas na katotohanan, at ang mga katotohanang ito ay hindi nila makayanan, handa ang gayong mga tao sa puso nila na matamo ito. Dahil sa may mga limitasyon sa kaya nilang tanggapin, kaya may mga hangganan at limitasyon sa kaya nilang isagawa. Gayunman, kahit paano, kailangan nilang gawin ang lahat ng makakaya nila, at kung magagawa mo iyan, isa itong epektong nakamit dahil sa gawain ng paglupig. Ipagpalagay nang sinasabi mo, "Dahil kaya Niyang magpahayag ng napakaraming salita na hindi kaya ng tao, kung hindi Siya ang Diyos, sino na?" Ang gayong pag-iisip ay hindi nangangahulugan na kinikilala mo ang Diyos. Kung kinikilala mo ang Diyos, kailangan mong ipakita iyon sa iyong aktwal na mga kilos. Kung namumuno ka sa isang iglesia, subalit hindi ka matuwid, kung nagnanasa ka sa pera at kayamanan, at lagi kang nagbubulsa ng pera ng iglesia para sa sarili mo, pagkilala ba ito na may isang Diyos? Ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat, at karapat-dapat Siyang pagpitaganan. Paanong hindi ka natatakot kung tunay mong kinikilala na may isang Diyos? Kung kaya mong gawin ang gayong kasuklam-suklam na mga bagay, talaga bang kinikilala mo Siya? Ang Diyos ba ang iyong pinaniniwalaan? Ang iyong pinaniniwalaan ay isang malabong Diyos; kaya hindi ka natatakot! Yaong mga totoong kumikilala at nakakakilala sa Diyos ay takot lahat sa Kanya at takot gumawa ng anumang bagay na kontra sa Kanya o lumalabag sa kanilang konsiyensya; lalo nang takot silang gumawa ng anumang bagay na alam nilang laban sa kalooban ng Diyos. Ito lamang ang maituturing na pagkilala sa pag-iral ng Diyos. Ano ang dapat mong gawin kapag sinusubukan kang pigilan ng iyong mga magulang na maniwala sa Diyos? Paano mo dapat mahalin ang Diyos kung mabait sa iyo ang asawa mong walang pananampalataya? At paano mo dapat mahalin ang Diyos kapag kinamumuhian ka ng mga kapatid? Kung kinikilala mo Siya, sa mga bagay na ito ay

kikilos ka nang angkop at isasabuhay mo ang realidad. Kung bigo kang kumilos talaga ngunit sinasabi mo lamang na kinikilala mo ang pag-iral ng Diyos, puro bunganga ka lamang! Sinasabi mo na naniniwala ka sa Kanya at kinikilala Siya, ngunit paano mo Siya kinikilala? Paano mo Siya pinaniniwalaan? May takot ka ba sa Kanya? May pitagan ka ba sa Kanya? Mahal mo ba Siya sa kaibuturan ng puso mo? Kapag ikaw ay balisa at walang masandalan, nararamdaman mo na kaibig-ibig ang Diyos, ngunit pagkatapos ay nalilimutan mo ang lahat tungkol doon. Hindi iyan pagmamahal sa Diyos, at hindi rin iyan paniniwala sa Diyos! Ano, sa bandang huli, ang nais ng Diyos na makamtan ng tao? Lahat ng kalagayang Aking binanggit, gaya ng labis na paghanga sa sarili mong kahalagahan, na madali kang makakuha at makaunawa sa mga bagong bagay, pagkontrol sa iba, paghamak sa iba, paghusga sa mga tao batay sa kanilang hitsura, pang-aapi sa mga simpleng tao, pag-iimbot sa pera ng iglesia, at iba pa—kapag naalis na sa iyo, kahit paano, ang lahat ng tiwaling satanikong disposisyong ito, saka lamang mapapamalas na nalupig ka na.

Ang gawain ng paglupig na ginawa sa inyong mga tao ang may pinakamalalim na kabuluhan: Sa isang banda, ang layunin ng gawaing ito ay upang gawing perpekto ang isang grupo ng mga tao, ibig sabihin, upang gawin silang perpekto, para maging isang grupo sila ng mga mananagumpay—bilang unang grupo ng mga tao na nagawang ganap, ibig sabihin ay mga unang bunga. Sa kabilang banda, ito ay upang hayaang matamasa ng mga nilalang ang pagmamahal ng Diyos, matanggap ang lubos at pinakadakilang pagliligtas ng Diyos, at matamasa hindi lamang ang awa at kagandahang loob ng Diyos, kundi ang mas mahalaga ay ang pagkastigo at paghatol. Mula nang likhain ang mundo hanggang ngayon, lahat ng nagawa ng Diyos sa Kanyang gawain ay pagmamahal, na walang anumang pagkapoot sa tao. Kahit ang pagkastigo at paghatol na nakita mo ay pagmamahal din, isang mas totoo at mas tunay na pagmamahal, isang pagmamahal na umaakay sa mga tao patungo sa tamang landas ng buhay ng tao. Sa isa pang banda, iyon ay upang magpatotoo sa harap ni Satanas. At sa isang banda pa rin, iyon ay upang magtatag ng isang pundasyon para sa pagpapalaganap ng gawain ng ebanghelyo sa hinaharap. Lahat ng gawaing Kanyang ginawa ay para sa layunin ng pag-akay sa mga tao sa tamang landas ng buhay ng tao, upang maaari silang mabuhay bilang normal na mga tao, sapagkat hindi alam ng mga tao kung paano mamuhay, at kung wala ang ganitong pag-akay, magiging hungkag ang iyong buhay; mawawalan ng halaga o kabuluhan ang iyong buhay, at lubos kang mawawalan ng kakayahang maging normal na tao. Ito ang pinakamalalim na kabuluhan ng paglupig sa tao. Lahat kayo ay mga inapo ni Moab; kapag isinagawa sa inyo ang gawain ng paglupig, dakilang pagliligtas iyan. Lahat kayo ay naninirahan sa isang lupain ng kasalanan at kahalayan, at lahat kayo ay mahalay at makasalanan. Ngayon ay hindi lamang ninyo nakikita ang Diyos, kundi ang mas mahalaga, natanggap ninyo ang pagkastigo at paghatol, natanggap ninyo ang tunay na malalim na pagliligtas, ibig sabihin, natanggap ninyo ang pinakadakilang pagmamahal ng Diyos. Sa lahat ng

Kanyang ginagawa, totoong mapagmahal ang Diyos sa inyo. Wala Siyang masamang layon. Dahil sa inyong mga kasalanan kaya Niya kayo hinahatulan, upang suriin ninyo ang inyong sarili at tanggapin ang napakalaking pagliligtas na ito. Lahat ng ito ay ginagawa para gawing ganap ang tao. Mula simula hanggang wakas, ginagawa na ng Diyos ang Kanyang buong makakaya upang iligtas ang tao, at wala Siyang hangaring ganap na wasakin sa Kanyang sariling mga kamay ang mga taong Kanyang nilikha. Ngayon, naparito Siya sa inyo upang gumawa; hindi ba ito mas maituturing na pagliligtas? Kung kinamuhian Niya kayo, gagawa pa ba Siya ng gayon kalaking gawain upang personal kayong gabayan? Bakit Niya kailangang magdusa nang gayon? Hindi kayo kinamumuhian ng Diyos o wala Siyang anumang masamang layon sa inyo. Dapat ninyong malaman na ang pagmamahal ng Diyos ang pinakatotoong pagmamahal. Dahil lamang sa suwail ang mga tao kaya Niya sila kailangang iligtas sa pamamagitan ng paghatol; kung hindi dahil dito, imposible silang mailigtas. Dahil hindi ninyo alam kung paano mamuhay at ni wala kayong malay kung paano mabuhay, at dahil kayo ay nabubuhay sa mahalay at makasalanang lupaing ito at kayo mismo ay mahalay at maruming mga diyablo, hindi Niya matiis na hayaan kayong maging mas masama, hindi Niya matiis na makita kayong nabubuhay sa maruming lupaing ito tulad ngayon, na tinatapak-tapakan ni Satanas kung kailan nito gusto, at hindi Niya matiis na hayaan kayong mahulog sa Hades. Nais lamang Niyang maangkin ang grupong ito ng mga tao at lubusan kayong iligtas. Ito ang pangunahing layunin ng paggawa ng gawain ng paglupig sa inyo—para lamang ito sa pagliligtas. Kung hindi mo makita na lahat ng ginawa sa iyo ay pagmamahal at pagliligtas, kung iniisip mo na isa lamang itong pamamaraan, isang paraan upang pahirapan ang tao, at isang bagay na hindi mapagkakatiwalaan, mas mabuti pang bumalik ka na sa iyong mundo upang magdanas ng pasakit at paghihirap! Kung handa kang mapasama sa daloy na ito, at masiyahan sa paghatol na ito at sa napakalawak na pagliligtas na ito, at matamasa ang lahat ng pagpapalang ito, mga pagpapalang hindi matatagpuan saanman sa mundo ng tao, at matamasa ang pagmamahal na ito, mabuti kung gayon: Mamalagi sa daloy na ito para tanggapin ang gawain ng paglupig upang magawa kang perpekto. Ngayon, maaaring nagdaranas ka ng kaunting pasakit at pagpipino dahil sa paghatol ng Diyos, ngunit may halaga at kabuluhan ang pagdanas ng pasakit na ito. Bagama't pinipino at walang-awang inilalantad ang mga tao sa pagkastigo at paghatol ng Diyos—na ang layon ay parusahan sila para sa kanilang mga kasalanan, parusahan ang kanilang laman—wala sa gawaing ito ang nilayong isumpa ang kanilang laman hanggang sa mawasak. Ang matitinding pagsisiwalat ng salita ay para lahat sa layunin na akayin ka sa tamang landas. Personal na ninyong naranasan ang napakarami sa gawaing ito at, malinaw, hindi kayo naakay nito sa isang masamang landas! Lahat ay upang maisabuhay mo ang normal na pagkatao, at magagawa ang lahat ng ito ng iyong normal na pagkatao. Bawat hakbang ng gawain ng Diyos ay batay sa iyong mga pangangailangan, ayon sa iyong mga kahinaan, at ayon sa iyong aktwal na tayog, at walang pasanig ibinigay sa

inyo na hindi ninyo kakayanin. Hindi ito malinaw sa iyo ngayon, at pakiramdam mo ay parang pinahihirapan kita, at totoong palagi kang naniniwala na kaya kita kinakastigo, hinahatulan at sinasaway araw-araw ay dahil kinamumuhian kita. Ngunit kahit ang dinaranas mo ay pagkastigo at paghatol, ang totoo ay pagmamahal ito sa iyo, at ito ang pinakamalaking proteksyon. Kung hindi mo maunawaan ang mas malalim na kahulugan ng gawaing ito, imposibleng magpatuloy ka pa sa iyong pagdanas. Ang pagliligtas na ito ay dapat maghatid sa iyo ng ginhawa. Huwag kang tumangging patinuin ang iyong pag-iisip. Dahil malayo na ang iyong narating, dapat mong malinawan ang kahalagahan ng gawain ng paglupig, at wala ka na dapat mga opinyon tungkol dito sa anumang paraan!

Pagsasagawa 6

Ngayon, huwag nang isipin ang pagkakamit ng katinuang taglay ni Pedro—ni hindi makamtan ng maraming tao ang katinuang taglay ni Pablo. Ni wala nga silang kamalayan sa sarili na gaya ng kay Pablo. Bagama't inilugmok ng Panginoon si Pablo dahil inusig niya ang Panginoong Jesus, kalaunan ay nanindigan siyang gumawa at magdusa para sa Panginoon. Binigyan siya ni Jesus ng isang karamdaman, at kalaunan, patuloy na tiniis ni Pablo ang karamdamang ito nang magsimula na siyang gumawa. Bakit niya sinabi na mayroon siyang tinik sa laman? Ang tinik, sa totoo lang, ay karamdaman—at para kay Pablo, ito ay isang nakamamatay na kahinaan. Gaano man karami ang gawaing ginawa niya o gaano man katindi ang kanyang paninindigang magtiis, hindi niya maalis ang tinik na iyon. Subalit mas mahusay ang kakayahan ni Pablo kaysa sa inyo na mga tao ngayon, at mayroon siyang kamalayan sa kanyang sarili at mas matino siya kaysa sa inyo. Matapos hinagupit ni Jesus si Pablo, tumigil siya sa pag-uusig sa mga disipulo ni Jesus, at nagsimulang mangaral at magdusa para kay Jesus. At ano ang naghikayat sa kanya na magtiis ng pagdurusa? Naniwala si Pablo na, dahil nakita na niya ang dakilang liwanag, kailangan niyang magpatotoo sa Panginoong Jesus, kailangan na siyang tumigil sa pag-uusig sa mga disipulo ni Jesus, at kailangan na siyang tumigil sa pagkontra sa gawain ng Diyos. Si Pablo ay isa sa mga taong mataas ang ranggo sa relihiyon. Napakarami niyang alam at napakatalino niya, hamak ang tingin niya sa mga karaniwang tao, at may mas malakas na personalidad kaysa sa karamihan. Ngunit matapos masinagan ng “dakilang liwanag,” nakagawa siya para sa Panginoong Jesus, nakapanindigang magtiis para sa Diyos at ialay ang kanyang sarili sa Diyos, na nagpatunay na mayroon siyang katinuan. Noong inuusig at dinaraki niya ang mga disipulo ni Jesus, nagpakita sa kanya si Jesus at sinabi sa kanya: “Pablo, bakit mo Ako pinag-uusig?” Nagpatirapa kaagad si Pablo at sinabing: “Sino Ka бага, Panginoon?” Isang tinig mula sa langit ang nagsabing: “Ako’y si Jesus na iyong pinag-uusig.” Biglang nagising si Pablo, at noon lamang niya nalaman na si Jesus ay si Cristo, na Siya ay

Diyos. “Kailangan kong sumunod. Naibigay sa akin ng Diyos ang biyayang ito—inusig ko Siya nang gayon, subalit hindi Niya ako pinatay, ni hindi Niya ako isinumpa. Kailangan kong magdusa para sa Kanya.” Kinilala ni Pablo na nausig niya ang Panginoong Jesucristo at na ngayon ay pinapatay niya ang mga disipulo ni Jesus, na hindi siya isinumpa ng Diyos, kundi niliwanagan siya. Nahikayat siya nito, at sinabi niya: “Bagama’t hindi ko tiningnan ang Kanyang mukha, narinig ko ang Kanyang tinig at nakita ko ang Kanyang dakilang liwanag. Ngayon ko lamang tunay na nakikita na totoong mahal ako ng Diyos, at na ang Panginoong Jesucristo ay talagang ang Diyos na may awa sa tao at nagpapatawad sa mga kasalanan ng tao nang walang hanggan. Talagang nakikita ko na isa akong makasalanan.” Bagama’t, pagkaraan nito, ginamit ng Diyos ang mga kaloob ni Pablo upang gumawa, kalimutan ito sandali. Ang kanyang paninindigan noon, ang kanyang normal na katinuan bilang tao, at ang kanyang kamalayan sa sarili—wala kayong kakayahang maabot ang mga bagay na ito. Ngayon, hindi ba kayo nakatanggap ng maraming liwanag? Hindi ba nakita ng maraming tao na ang disposisyon ng Diyos ay may kamahalan, poot, paghatol, at pagkastigo? Ang mga sumpa, pagsubok, at pagpipino ay maraming beses nang sumapit sa mga tao—at ano ang kanilang natutuhan? Ano ang nakamit mo mula sa pagdidisiplina at pakikitungo? Sumapit na sa iyo nang maraming beses ang masasakit na salita, paghampas, at paghatol, subalit hindi mo pinapansin ang mga ito. Ni wala ka ni katiting na katinuan na taglay ni Pablo—hindi ka ba masyadong paurong? Napakarami ring hindi nalinawan si Pablo. Ang alam lamang niya ay nasinagan siya ng liwanag, ngunit hindi niya namalayan na hinagupit siya; personal siyang naniwala na matapos siyang masinagan ng liwanag, kailangan niyang gugulin ang kanyang sarili para sa Diyos, magdusa para sa Diyos, gawin ang lahat upang ihanda ang daan para sa Panginoong Jesucristo, at matamo ang mas marami pang makasalanan upang matubos ng Panginoon. Ito ang kanyang paninindigan, at ang tanging layunin ng kanyang gawain—ngunit nang siya ay gumawa, hindi pa rin nawala ang kanyang karamdaman, hanggang sa kanyang kamatayan. Gumawa si Pablo nang mahigit dalawampung taon. Labis siyang nagdusa, at nagdanas ng matitinding pag-uusig at maraming kapighatian, bagama’t, mangyari pa, kakaunti ang mga ito kumpara sa mga pagsubok kay Pedro. Gaano kayo kahabag-habag kung ni hindi ninyo taglay ang katinuan ni Pablo? Dahil dito, paano maaaring magsimula ang Diyos ng mas dakila pang gawain sa inyo?

Nang ipalaganap niya ang ebanghelyo, dumanas ng matinding hirap si Pablo. Ang gawaing kanyang ginawa, kanyang paninindigan, kanyang pananampalataya, katapatan, pagmamahal, tiyaga, at pagpapakumbaba sa panahong iyon, at ang maraming iba pang panlabas na mga bagay na kanyang isinabuhay, ay mas mataas kaysa sa inyo na mga tao ngayon. Sa inyong kalooban, sa mas mahigpit na pananalita, walang normal na katinuan; ni wala kayong anumang konsiyensiya o hindi kayo makatao. Napakalaki ng pagkukulang ninyo! Sa gayon, kadalasan, sa pamumuhay ninyo ay walang matatagpuang normal na katinuan, at walang tanda ng kamalayan sa sarili. Bagama’t dumanas ng

karamdaman sa katawan si Pablo sa panahong iyon, patuloy siyang nanalangin at naghanap: “Ano ba talaga ang karamdamang ito? Ginawa ko na ang lahat ng gawaing ito para sa Panginoon, bakit hindi ako nililisan ng pagdurusang ito? Sinusubukan kaya ako ng Panginoong Jesus? Inilugmok na ba Niya ako? Kung inilugmok na Niya ako, namatay na sana ako noon, at hindi na makakayang gawin ang lahat ng gawaing ito para sa Kanya, ni hindi ako makatatanggap ng napakalaking liwanag. Napagtanto rin Niya ang aking paninindigan.” Laging nadarama ni Pablo na ang karamdamang ito ay pagsubok sa kanya ng Diyos, na pinatitibay nito ang kanyang pananampalataya at determinasyon—ganito ang tingin dito ni Pablo. Ang totoo, ang kanyang karamdaman ay karugtong na naiwan nang inilugmok siya ng Panginoong Jesus. Pinahirapan nito nang husto ang kanyang kalooban, at pinigil nito ang kanyang pagkasuwail. Kung masusumpungan ninyo ang inyong sarili sa sitwasyon ni Pablo, ano ang gagawin ninyo? Makakapantay ba kay Pablo ang inyong paninindigan at kakayahang magdusa? Ngayon, kung pinadapuan kayo ng kaunting karamdaman o sumasailalim kayo sa isang matinding pagsubok, at pinagdusa kayo, sino ang nakakaalam kung ano ang kahihinatnan ninyo. Kung ikinulong kayo sa isang hawla at palagi kayong pinapakain, magiging ayos lang kayo. Kung hindi ay magiging katulad lamang kayo ng mga lobo, walang anumang pagkatao. Kaya kapag nagdurusang kayo ng kaunting paghihigpit o paghihirap, makakabuti iyon sa inyo; kung pinadali iyon para sa inyo, mapapahamak kayo, at kung gayon ay paano kayo mapoprotektahan? Ngayon, kinakastigo, hinahatulan, at isinusumpa kayo kaya nabibigyan kayo ng proteksyon. Nagdusa na kayo nang husto kaya pinoprotektahan kayo. Kung hindi, matagal na sana kayong nahulog sa kabulukan. Hindi ito sadyang pagpapahirap ng mga bagay para sa inyo—ang likas na pagkatao ng tao ay mahirap baguhin, at kailangan itong magkaganito para magbago ang kanilang mga disposisyon. Ngayon, ni wala kayong konsiyensiya o katinuang tinaglay ni Pablo, ni hindi ninyo taglay ang kanyang kamalayan sa sarili. Lagi kayong kailangang pilitin, at kailangan kayong palaging makastigo at mahatulan para pukawin ang inyong mga espiritu. Pagkastigo at paghatol ang pinakamabuti para sa inyong buhay. At kapag kinakailangan, dapat ay mayroon ding pagkastigo ng mga katotohanang dumarating sa inyo; saka lamang kayo lubos na magpapasakop. Kapag ang inyong kalikasan ay walang pagkastigo at pagsumpa, ayaw ninyong magyuko ng ulo, ayaw ninyong magpasakop. Kung hindi ninyo nakikita ang mga totoong pangyayari, walang magiging epekto. Masyadong aba at walang halaga ang inyong pagkatao! Kung wala ang pagkastigo at paghatol, magiging mahirap kayong malupig, at mahirap daigin ang inyong kawalan ng katuwiran at pagsuway. Ang inyong dating likas na pagkatao ay nakaugat nang napakalalim. Kung iniluklok kayo sa trono, wala kayong ideya sa taas ng langit at lalim ng lupa, lalong wala kayong ideya kung saan kayo patungo. Ni hindi ninyo alam kung saan kayo nagmula, kaya paano ninyo makikilala ang Panginoon ng paglikha? Kung wala ang napapanahong pagkastigo at mga pagsumpa sa ngayon, matagal na sanang dumating ang inyong huling araw. Huwag nang banggitin pa ang

inyong kapalaran—hindi ba mas nalalapit iyon sa panganib? Kung wala ang napapanahong pagkastigo at paghatol na ito, sino ang nakakaalam kung gaano katindi kayong yayabang, o gaano kayo magiging masama. Nadala na kayo ng pagkastigo at paghatol na ito sa kasalukuyan, at naingatan ng mga ito ang inyong buhay. Kung “tinuruan” pa rin kayo gamit ang kaparehong mga pamamaraan tulad ng sa inyong “ama,” sino ang nakakaalam kung anong mundo ang inyong papasukin! Wala talaga kayong kakayahang kontrolin at pagbulay-bulayan ang inyong sarili. Para sa mga taong kagaya ninyo, kung susunod at tatalima lamang kayo nang hindi nagsasanhi ng anumang panghihimasok o mga paggambala, makakamtan ang Aking mga layon. Hindi ba lalo kayong dapat magsumikap sa pagtanggap ng pagkastigo at paghatol sa ngayon? Ano pang ibang pagpipilian ang mayroon kayo? Nang makita ni Pablo ang Panginoong Jesus na nagsasalita at gumagawa, hindi pa rin siya naniwala. Kalaunan, nang maipako na sa krus ang Panginoong Jesus at pagkatapos ay muling nabuhay, nabatid niya ang katunayang ito, subalit patuloy siyang nang-usig at kumontra. Ito ang kahulugan ng kusang pagkakasala, kaya inilugmok siya. Sa simula, batid niya na may isang Hari ng mga Hudyo na tinatawag na Jesus, nabalitaan na niya ito. Kalaunan, nang magbigay siya ng mga sermon sa templo at mangaral sa buong lupain, kinalaban niya si Jesus, na buong katayugang tumatangging sundin ang sinumang tao. Ang mga bagay na ito ay naging isang napakalaking hadlang sa gawain sa panahong iyon. Nang si Jesus ay gumagawa, hindi tuwirang inusig at dinakip ni Pablo ang mga tao, kundi ginamit niya ang pangangaral at mga salita upang pabagsakin ang gawain ni Jesus. Kalaunan, nang ipako na sa krus ang Panginoong Jesucristo, sinimulan niyang dakpin ang mga disipulo, na mabilis na pumaparoo’t parito at ginagawa ang lahat ng kaya niya upang usigin sila. Matapos siyang masinagan ng “liwanag,” saka lamang siya natauhan at nakaranas ng malaking pagsisisi. Matapos siyang ilugmok, hindi na napawi ang kanyang karamdaman kailanman. Kung minsan, nadarama niya na lumala pa ang kanyang paghihirap, at hindi na siya makabangon. Naiisip niya: “Ano ang nangyayari? Talaga bang inilugmok na ako?” Hindi kailanman napawi ang kanyang karamdaman, at dahil sa karamdamang ito kaya siya nakagawa ng maraming gawain. Masasabi na pinadapo ni Jesus ang karamdamang ito kay Pablo dahil sa kanyang kayabangan at katigasan ng ulo; isang parusa iyon kay Pablo, ngunit ginawa rin iyon para gamitin ang mga kaloob ni Pablo sa gawain ng Diyos, upang ang Kanyang gawain ay mapalawak. Sa katunayan, hindi layunin ng Diyos na iligtas si Pablo, kundi gamitin siya. Subalit ang disposisyon ni Pablo ay masyadong mapagmataas at matigas ang ulo, kaya nga isang “tinik” ang inilagay sa kanya. Sa huli, nang matapos na ni Pablo ang kanyang gawain, hindi na ganoon katindi ang kanyang karamdaman, at nang patapos na ang kanyang gawain, nagawa niyang sabihin ang mga salitang, “Nakipagbaka ako ng mabuting pakikipagbaka, natapos ko na ang aking takbo, iningatan ko ang pananampalataya: Buhat ngayon ay natataan sa akin ang putong ng katuwiran”—na kanyang sinabi dahil hindi niya alam ang gawain ng Diyos. Marami sa inyo ang katulad ni Pablo, ngunit kung talagang may paninindigan

kayong sumunod hanggang sa dulo ng landas, hindi kayo aabusuhin. Hindi natin tatalakayin dito ang mga paraan na naging suwail at kontra si Pablo; manatili tayo sa bahagi niya na positibo at kapuri-puri: Mayroon siyang konsiyensiya, at matapos tumanggap ng “liwanag” nang minsanan, nagawa niyang ilaan ang kanyang sarili sa Diyos at magdusa para sa Diyos. Ito ang isang maganda niyang katangian. Gayunman, kung mayroong mga naniniwala na dahil mayroon siyang magandang katangian ay isa na siyang taong pinagpala, kung iniisip nila na hindi naman siya talaga kinastigo, ito ang mga salita ng mga taong walang katinuan.

Kapag nagdarasal at nagbabasa ng mga salita ng Diyos, maraming taong nagsasabi na handa silang magpasakop sa Diyos, ngunit pagkatapos ay nagiging lihim na masasama, at balewala iyon sa kanila. Ang mga salita ng Diyos ay sinasabi nang paulit-ulit, nahahayag nang paunti-unti, at kapag inilantad ang mga taong nasa pinakailalim, saka lamang sila “nakakasumpong ng kapayapaan” at hindi na gaanong nagiging hambog at matigas ang ulo, hindi na gaanong mayabang. Sa inyong mga kalagayan ngayon, malamang ay kailangan pa rin kayong ilugmok nang matindi at ilantad, at hatulan nang detalyadong-detalyado, upang hindi na kayo magkaroon ng pagkakataong maghabol ng hininga. Para sa inyo, mas mabuting hindi kayo lisanin ng mabagsik na pagkastigo at paghatol, at hindi kayo layuan ng pagkondena at mga pagsumpa, na nagtutulot sa inyo na makita na ang kamay ng mga atas administratibo ng Diyos ay hindi kailanman humihiwalay sa inyo. Kagaya lamang sa Kapanahunan ng Kautusan, nang makita ni Aaron na hindi siya iniwan ni Jehova kailanman (ang kanyang nakita ay ang palagiang patnubay at proteksyon ni Jehova; ang patnubay ng Diyos na inyong nakikita ngayon ay pagkastigo, mga sumpa, at paghatol), ngayon ay hindi rin kayo iniwan ng kamay ng mga atas administratibo ni Jehova. Gayunman, may isang bagay na maaaring magpakalma sa inyo: Gaano man kayo kumontra, sumuway, at manghusga, walang kapinsalaang mangyayari sa inyong katawan. Ngunit kung may mga taong labis na kinokontra at hinahadlangan ang gawain, hindi ito katanggap-tanggap; may isang limitasyon. Huwag abalahin o gambalain ang buhay ng iglesia, at huwag abalahin ang gawain ng Banal na Espiritu. Sa iba pa, magagawa mo ang gusto mo. Kung sinasabi mong ayaw mong hangarin ang buhay at nais mong bumalik sa mundo, bilisan mo at humayo ka! Magagawa ninyo ang anumang gusto ninyo basta’t hindi nito nagagambala ang gawain ng Diyos. Subalit may isang bagay ka pang kailangang malaman: Sa huli, ang gayong mga sadyang makasalanan ay aalising lahat. Ngayon, maaaring hindi ka sumbatan, ngunit sa huli, isang bahagi lamang ng mga tao ang magagawang magpatotoo—at ang nalalabi ay manganganib na lahat. Kung ayaw mong mapasama sa daloy na ito, ayos lang. Ang mga tao ngayon ay tinatrato nang may pagpaparaya; hindi kita nililimitahan, basta’t hindi ka natatakot sa pagkastigo sa kinabukasan. Ngunit kung kasama ka sa daloy na ito, kailangan kang magpatotoo, at kailangan kang makastigo. Kung nais mong tanggihan ito, at bumalik sa mundo, ayos lang iyan—walang pumipigil sa iyo! Ngunit kung gumagawa ka ng gawaing sumisira at gumagambala sa

gawain ng Diyos, talagang hindi ka mapapatawad dahil doon! Hinggil sa nakikita ng iyong mga mata at naririnig ng iyong mga tainga kung aling mga tao ang kinakastigo, at kaninong mga kapamilya ang isinusumpa—may mga limitasyon at hangganan sa lahat ng ito. Hindi basta-basta gumagawa ang Banal na Espiritu ng mga bagay-bagay. Batay sa mga kasalanang nagawa ninyo, kung tatratuhin at talagang haharapin kayo ayon sa inyong sariling pagiging di-matuwid, sino sa inyo ang maaaring makaligtas? Lahat kayo ay magdaranas ng kalamidad, at walang sinuman sa inyo ang magkakaroon ng magandang kahihinatnan. Subalit ngayon, maraming tao ang tinatrato nang may pagpaparaya. Kahit nanghuhusga, sumusuway, at kumontra kayo, basta’t hindi kayo nakakaabala, haharapin Ko kayo nang may ngiti. Kung tunay kayong naghahangad ng buhay, kailangan kayong magdanas ng kaunting pagkastigo, at kailangan kayong magtiis ng sakit na mahiwalay sa minamahal ninyo upang humiga sa mesang pang-operasyon para maoperahan; kailangan mong tiisin ang sakit, kagaya ng pagtanggap ni Pedro ng mga pagsubok at pagdurusa. Ngayon, nasa harap kayo ng hukumang-luklukan. Sa hinaharap, kailangan ninyong magdaan sa “gilotina,” kung kailan “isasakripisyo” ninyo ang inyong sarili.

Sa huling yugtong ito ng gawain sa mga huling araw, marahil ay naniniwala ka na hindi sisirain ng Diyos ang iyong katawan, at masasabi na maaaring hindi ka magdusa ng anumang karamdaman kahit kinontra at hinuhusgahan mo Siya—ngunit kapag sumapit sa iyo ang mababagsik na salita ng Diyos, kapag ang iyong pagkasuwail at paglaban at ang iyong pangit na mukha ay inilantad lahat, hindi ka makakapagtago. Matatagpuan mo ang iyong sarili na takot na takot, at nalilito. Ngayon, kailangan kayong magkaroon ng kaunting konsiyensiya. Huwag gumanap sa papel ng masasamang kumontra at sumusuway sa Diyos. Dapat mong talikuran ang dati mong ninuno; ito ang tayog na dapat ay mayroon ka, at ito ang pagkataong nararapat mong taglayin. Lagi kang walang kakayahang isantabi ang sarili mong mga inaasam sa hinaharap o ang mga kasiyahan sa ngayon. Sabi ng Diyos: “Hangga’t ginagawa ninyo ang lahat ng kaya ninyo upang masundan Ako at mahanap ang katotohanan, tiyak na gagawin Ko kayong perpekto. Kapag nagawa na kayong perpekto, magkakaroon kayo ng magandang hantungan—dadalhin kayo sa Aking kaharian upang magtamasa ng mga pagpapala kasama Ko.” Napangakuan na kayo ng isang magandang hantungan, subalit ang mga kinakailangan sa inyo ay hindi kailanman mababawasan. Mayroon ding isang kundisyon: Malupig man kayo o magawang perpekto, kailangan kayong sumailalim ngayon sa kaunting pagkastigo at kaunting pagdurusa; kailangan kayong hampasin at disiplinahin; kailangan kayong makinig sa Aking mga salita, sumunod sa Aking daan, at gawin ninyo ang kalooban ng Diyos—ito dapat ang gawin ninyong mga tao. Paano ka man naghahanap, kailangan mong malinaw na maunawaan ang paraang ito. Kung totoong may tunay kang mga kabatiran, maaari kang patuloy na sumunod. Kung naniniwala ka na walang mga maaasam o pag-asa rito, maaari ka nang umalis. Malinaw nang nasabi sa iyo ang mga salitang ito, ngunit kung gusto mo talagang umalis, ipinakikita lamang

nito na wala ka ni katiting na konsiyensiya; ang kilos mong ito ay sapat na upang patunayan na isa kang demonyo. Bagama't sinasabi mo na ipinababahala mo ang lahat sa mga pagsasaayos ng Diyos, batay sa iyong laman at sa iyong isinasabuhay, namumuhay ka pa rin sa ilalim ng sakop ni Satanas. Bagama't nasa mga kamay rin ng Diyos si Satanas, ikaw mismo ay nabibilang pa rin kay Satanas at kailangan pang tunay na mailigtas ng Diyos, sapagkat namumuhay ka pa rin sa ilalim ng impluwensya ni Satanas. Paano ka dapat maghangad upang maligtas? Nasa iyo ang pagpapasya—dapat mong piliin ang landas na dapat mong tahakin. Sa huli, kung masasabi mong: “Wala na akong magagawang mas maganda, sinusuklian ko ng aking konsiyensiya ang pagmamahal ng Diyos, at kailangan kong magkaroon ng kaunting pagkatao. Wala akong matatamong anumang mas dakila, ni hindi gaanong mataas ang aking kakayahan; hindi ko nauunawaan ang mga pangitain at kahulugan ng gawain ng Diyos. Sinusuklian ko lamang ang pagmamahal ng Diyos, ginagawa ko ang anumang hingin ng Diyos, at ginagawa ko ang lahat ng aking makakaya. Ginagampanan ko nang wasto ang aking tungkulin bilang isang nilalang ng Diyos,” pagkatapos ay makadarama Ako ng kasiyahan. Ito ang pinakamataas na patotoong kaya mong gawin. Ito ang pinakamataas na pamantayang kinakailangan sa isang bahagi ng mga tao: pagganap sa tungkulin ng isang nilalang ng Diyos. Gawin mo lamang ang lahat ng makakaya mo; hindi ganoon kataas ang mga kinakailangan sa iyo. Hangga't ginagawa mo ang lahat ng makakaya mo, ito ang iyong patotoo.

Pagsasagawa 7

Kulang na kulang ang inyong pagkatao, napakababa at napakaaba ng inyong pamumuhay, wala kayong pagkatao, at wala kayong kabatiran. Kaya nga kailangan ninyong sangkapan ang inyong mga sarili ng mga bagay ng normal na pagkatao. Ang pagkakaroon ng konsensya, katwiran, at kabatiran; ang pagkaalam kung paano magsalita at tingnan ang mga bagay-bagay; ang pagbibigay-pansin sa kalinisan; ang pagkilos na gaya ng isang normal na tao—ang mga ito ay pawang mga katangian ng pagkakilala sa normal na pagkatao. Kapag umaasal kayo nang angkop sa mga bagay na ito, itinuturing kayo na may katanggap-tanggap na antas ng pagkatao. Kailangan din ninyong sangkapan ang inyong mga sarili para sa espirituwal na buhay. Kailangan ninyong malaman ang kabuuan ng gawain ng Diyos sa lupa at magkaroon ng karanasan sa Kanyang mga salita. Dapat ninyong malaman kung paano sundin ang Kanyang mga pagsasaayos at kung paano gampanan ang tungkulin ng isang nilikha. Ang mga ito ang dalawang aspeto ng kung ano ang dapat mong pasukin ngayon—pagsasangkap sa iyong sarili para sa isang buhay ng pagkatao, at pagsasagawa para sa isang buhay ng pagiging espirituwal. Hindi maaaring mawala ang dalawang ito.

Kakatwa ang ilang tao: Alam lang nilang lagyan ang kanilang sarili ng mga katangian

ng pagkatao. Walang maling nakikita sa kanilang hitsura; angkop ang mga bagay na sinasabi nila at ang paraan ng pagsasalita nila, at lubhang kapita-pitagan at wasto ang kanilang pananamit. Nguni't hungkag ang kanilang kalooban; mukha lang silang nagtataglay ng normal na pagkatao. May ilan na nakatuon lang sa kung ano ang kakainin, ano ang isusuot, at ano ang sasabihin. Mayroon pa ngang mga nakatuon lang sa mga bagay na gaya ng pagwawalis ng sahig, pag-aayos ng kama, at pangkalahatang kalinisan. Maaaring sanay na sanay sila sa lahat ng bagay na ito, nguni't kung hihilingin mong magsalita sila tungkol sa kanilang kaalaman sa gawain ng Diyos sa mga huling araw, o tungkol sa pagkastigo at paghatol, o mga pagsubok at pagpipino, malamang ay hindi sila magpapamalas ni katiting na karanasan. Maaari mong itanong sa kanila: "May pagkaunawa ka ba tungkol sa pangunahing gawain ng Diyos sa lupa? Paano naiiba ang gawain ng Diyos na nagkatawang-tao ngayon sa gawain ni Jesus? Sa gawain ni Jehova? Ilang Diyos lang ba Sila? Dumating ba Siya para wakasan ang kapanahunang ito, o para iligtas ang sangkatauhan?" Nguni't walang masabi ang gayong mga tao tungkol sa mga bagay na ito. Pinapalamutihan ng ilan ang kanilang mga sarili nang maganda, nguni't paimbabaw lang: pinapalamutihan ng kababaihan ang kanilang mga sarili na kasingganda ng mga bulaklak, at nagdadamit ang kalalakihan na parang mga prinsipe o makikisig at mayayamang binata. Inaasikaso lang nila ang mga panlabas na bagay, gaya ng mga bagay na kinakain at isinusuot nila; sa loob, sila'y mga dukha at wala ni katiting na kaalaman tungkol sa Diyos. Ano kaya ang ibig sabihin nito? At mayroon namang ilan na nakadamit na parang kaawa-awang mga pulubi—mukha talaga silang mga alipin na taga-Silangang Asya! Talaga bang hindi ninyo nauunawaan ang itinatanong ko sa inyo? Mag-usap-usap kayo: Ano ba ang totoong natamo ninyo? Ilang taon na kayong naniniwala sa Diyos, subali't ito lang lahat ang napala ninyo—hindi ba kayo napapahiya? Hindi ba kayo nahihiya? Ilang taon na kayong naghahanap ng tunay na daan, subali't ngayon ay mas mababa pa rin sa isang maya ang inyong tayog! Tingnan ninyo ang mga dalaga sa gitna ninyo, kasingganda ng mga larawan sa inyong damit at kolorete, ikinukumpara ang inyong mga sarili sa isa't isa—at ano ang ikinukumpara ninyo? Ang inyong kasiyahan? Ang inyong mga hinihingi? Palagay ba ninyo naparito ako para mangalap ng mga modelo? Wala kayong hiya! Nasaan ang inyong buhay? Hindi ba ang hinahangad ninyo ay ang sarili lamang ninyong maluhong pagnanasa? Akala mo napakaganda mo, nguni't kahit maaaring napakagara ng damit mo, hindi ba sa katotohanan ay isa ka lamang malikot na uod, na isinilang sa isang tumpok ng dumi? Ngayon, mapalad mong natatamasa ang makalangit na mga pagpapalang ito hindi dahil sa maganda mong mukha, kundi dahil nagtatangi ang Diyos sa pamamagitan ng pagbabangon sa iyo. Hindi pa rin ba malinaw sa iyo kung saan ka nagmula? Sa pagbanggit ng buhay, tikom ang iyong bibig at wala kang imik, pipi na parang rebulto, subali't ang lakas pa rin ng loob mong manamit nang magara! Mahilig ka pa ring magpapula ng pisngi at magpulbos sa mukha! At tingnan ninyo ang makikisig na binata sa gitna ninyo, suwail na mga lalaki na ginugugol ang buong maghapon na

palakad-lakad lang, walang disiplina, makikita sa mukha na wala silang pakialam sa mundo. Ganito ba dapat umasal ang isang tao? Ano ang pinagkakaabalahan ng bawa't isa sa inyo, lalaki o babae, sa buong araw? Alam ba ninyo kung kanino kayo umaasa para pakainin ang sarili ninyo? Tingnan mo ang pananamit mo, tingnan mo kung ano ang napala mo sa mga kamay mo, haplusin mo ang tiyan mo—ano ang napala mo mula sa halaga ng dugo at pawis na naibayad mo sa lahat ng mga taon na ito ng pagsampalataya? Iniisip mo pa ring magliwaliw, iniisip mo pa ring gayakan ang iyong umaalingasaw na laman—mga walang-kuwentang paghahabol! Inuutusan kang maging isang taong normal, subali't ngayon ay hindi ka lang basta abnormal, kakaiba ka pa. Paano nagkaroon ng tapang ang gayong tao na humarap sa Akin? Sa ganitong pagkatao, ipinaparada mo ang iyong karikitan at ipinapasikat ang iyong laman, palaging namumuhay sa loob ng mga pagnanasa ng laman—hindi ka ba isang inapo ng maruruming demonyo at masasamang espiritu? Hindi Ko papayagan ang gayong maruming demonyo na manatiling umiiral nang matagal! At huwag mong ipalagay na hindi Ko alam kung ano ang iniisip mo sa iyong puso. Maaari mong mahigpit na pigilan ang iyong pagnanasa at iyong laman, nguni't paanong hindi Ko malalaman ang mga kaisipan na kinakandili mo sa iyong puso? Paanong hindi Ko malalaman ang lahat ng hinahangad ng iyong mga mata? Kayong mga dalaga, hindi ba nagpapaganda kayo nang husto para iparada ang inyong laman? Ano ang pakinabang ninyo sa mga lalaki? Talaga bang maililigtas nila kayo mula sa dagat-dagatan ng pagdurusa? Para naman sa inyong makikisig na binata, nagbibihis kayong lahat para magmukha kayong maginoo at marangal, nguni't hindi ba iyon isang pakana para mapansin ang inyong kakisigan? Para kanino ninyo ginagawa ito? Ano ang pakinabang ninyo sa mga babae? Hindi ba sila ang pinagmumulan ng inyong kasalanan? Kayong kalalakihan at kababaihan, marami na Akong nasabi sa inyo, subali't iilan lang ang nasunod ninyo sa mga iyon. Mahina ang mga pandinig ninyo, lumabo na ang inyong mga mata, at matigas ang inyong puso hanggang sa puntong wala nang natira kundi pagnanasa sa inyong katawan, kaya nasisilo kayo nito, at hindi kayo makatakas. Sino ang gustong lumapit sa inyo na mga uod, kayo na namimilipit sa karumihan at putikan? Huwag ninyong kalimutan na wala kayong pinagkaiba sa mga pinalaki ko mula sa tumpok ng dumi, na dati ay wala kayong normal na pagkatao. Ang hinihiling ko sa inyo ay ang normal na pagkatao na dati ay wala kayo, hindi ang iparada ninyo ang inyong pagnanasa o bigyan ng kalayaan ang inyong nabubulok na laman, na nasanay na ng diyablo sa loob ng napakaraming taon. Kapag ganoon kayo manamit, hindi ba kayo natatakot na baka mas lalo kayong masilo? Hindi ba ninyo alam na dati kayong makasalanan? Hindi ba ninyo alam na ang inyong mga katawan ay punung-puno ng pagnanasa kaya tumatagos pa iyon sa inyong damit, na naghahayag ng inyong mga kalagayan bilang napakapapangit at napakaruruming demonyo? Hindi ba alam na alam ninyo ito nang mas malinaw kaysa sinuman? Ang inyong mga puso, ang inyong mga mata, ang inyong mga labi—hindi ba narungisang lahat ang mga ito ng maruruming demonyo? Hindi ba marumi ang mga

bahagi mong ito? Palagay mo ba basta't hindi ka kumikilos, ikaw na ang pinakabanal? Palagay mo ba maitatago ng magagandang bihis ang inyong nakakadiring mga kaluluwa? Hindi uubra iyan! Ipinapayo Ko sa inyo na maging higit na makatotohanan: Huwag kayong maging madaya at huwad, at huwag ninyong iparada ang inyong mga sarili. Ipinapasikat ninyo ang inyong pagnanasa sa isa't isa, nguni't kapalit nito ang tatanggapin lamang ninyo ay walang-hanggang pagdurusa at walang-habas na pagpaparusa! Bakit ninyo kailangang magpapungay ng mga mata sa isa't isa at mag-ibigan? Ito ba ang sukat ng inyong integridad, ang hangganan ng inyong pagiging matuwid? Kinamumuhian Ko yaong mga nakikisangkot sa inyo sa masasamang panggagamot at pangkukulam; kinamumuhian Ko ang mga binata't dalaga sa inyo na nagmamahal sa sarili nilang laman. Makabubuting pigilan ninyo ang inyong mga sarili, dahil kinakailangan na ninyo ngayong magtaglay ng normal na pagkatao, at hindi kayo pinapayagang ipasikat ang inyong pagnanasa—subali't ginagawa ninyo ito sa bawa't oportunidad na kaya ninyo, sapagka't ang inyong laman ay napakasagana, at ang inyong pagnanasa ay napakalaki!

Sa tingin, mukhang napakaayos ng iyong buhay ng pagkatao, nguni't wala kang masabi kapag pinagsasalita tungkol sa iyong kaalaman sa buhay; at dito ay naghihirap ka. Kailangan mong sangkapan ng katotohanan ang iyong sarili! Bumuti na ang iyong buhay ng pagkatao, at kaya kailangan ding magbago ang buhay sa loob mo; baguhin ang iyong mga iniisip, baguhin ang iyong mga pananaw tungkol sa pananalig sa Diyos, baguhin ang kaalaman at pag-iisip mo sa loob mo, at baguhin ang kaalaman tungkol sa Diyos na umiiral sa iyong mga kuru-kuro. Sa pamamagitan ng pakikitungo, sa pamamagitan ng mga paghahayag at pagtustos, unti-unting baguhin ang kaalaman mo tungkol sa iyong sarili, sa buhay ng tao, at sa pananalig sa Diyos; gawing puwedeng madalisay ang iyong pang-unawa. Sa ganitong paraan, nagbabago ang mga iniisip ng tao, nagbabago ang kanyang pagtingin sa mga bagay-bagay, at nagbabago ang kanyang pag-iisip. Ito lamang ang matatawag na pagbabago sa disposisyon sa buhay. Hindi ka inuutusang gugulin ang lahat ng oras sa maghapon sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos, o paglalaba ng mga damit at paglilinis. Ang isang buhay ng normal na pagkatao ay kailangang likas na kayang matiis man lang. Bukod pa roon, pagdating sa mga panlabas na bagay, kailangan ka pa ring gumamit ng kaunting kabatiran at katwiran; nguni't ang pinakamahalaga ay ang masangkapan ka ng katotohanan ng buhay. Kapag sinasangkapan mo ang iyong sarili para sa buhay, kailangan mong magtuon sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, kailangan mong makayang magsalita tungkol sa pagkakilala sa Diyos, sa iyong mga pananaw tungkol sa buhay ng tao, at, lalo na, sa iyong kaalaman tungkol sa gawaing ginagawa ng Diyos sa mga huling araw. Yamang hinahabol mo ang buhay, kailangan mong sangkapan ang iyong sarili ng mga bagay na ito. Kapag kumakain at umiinom ka ng mga salita ng Diyos, kailangan mong sukatin ang realidad ng sarili mong kalagayan kumpara sa mga ito. Ibig sabihin, kapag natuklasan mo ang iyong mga pagkukulang habang dumaranas ng totoo mong realidad, kailangang makaya mong makakita ng isang

landas ng pagsasagawa, na talikuran ang iyong mga maling motibo at kuru-kuroa. Kung lagi kang nagsisikap para sa mga bagay na ito at buong pusong nagsisikap tungo sa pagkakamit ng mga ito, magkakaroon ka ng landas na susundan, hindi ka makararamdam ng kahungkagan, at sa gayo'y magagawa mong manatili sa isang normal na kalagayan. Saka ka lamang magiging isang tao na nagdadala ng pasanin sa sarili mong buhay, na may pananampalataya. Bakit kaya hindi magawa ng ilang tao, matapos basahin ang mga salita ng Diyos, na isagawa ang mga ito? Hindi ba dahil hindi nila natatarok ang pinakamahahalagang bagay? Hindi ba dahil hindi sila seryoso sa buhay? Kaya hindi nila natatarok ang mahahalagang bagay at wala silang landas sa pagsasagawa ay dahil kapag binabasa nila ang mga salita ng Diyos, hindi nila maiugnay ang sarili nilang mga kalagayan sa mga ito, ni nasusupil ang sarili nilang mga kalagayan. Sinasabi ng ilang tao: “Binabasa ko ang mga salita ng Diyos at iniuugnay ang aking kalagayan sa mga ito, at alam ko na ako ay tiwali at kulang sa kakayahan, nguni’t hindi ko kayang bigyang-kasiyahan ang kalooban ng Diyos.” Panlabas pa lang ang nakita mo; maraming totoong bagay na hindi mo alam: paano isantabi ang mga kasiyahan ng laman, paano isantabi ang pagmamagaling, paano baguhin ang iyong sarili, paano pumasok sa mga bagay na ito, paano dagdagan ang iyong kakayahan, at saang aspeto magsisimula. Natatarok mo lang ang ilang bagay sa panlabas, at ang alam mo lang ay na talagang napakatiwali mo. Kapag nakikipagkita ka sa iyong mga kapatid, nagsasalita ka tungkol sa kung gaano ka katiwali, at mukhang kilala mo ang sarili mo at mabigat ang pasaning dinadala mo sa buhay. Sa katunayan, hindi nagbago ang iyong tiwaling disposisyon, na nagpapatunay na hindi mo pa natatagpuan ang landas sa pagsasagawa. Kung namumuno ka sa isang iglesia, kailangan mong makayang unawain ang mga kalagayan ng mga kapatid at tukuyin ang mga ito. Maaari bang sabihin mo lang na: “Suwail at paurong kayong mga tao!”? Hindi, kailangan mong tukuyin kung paano namamalas ang kanilang pagsuway at pagiging paurong. Kailangan mong magsalita tungkol sa kanilang mga suwail na kalagayan, sa kanilang suwail na mga pag-uugali, at sa kanilang makasatanas na mga disposisyon, at kailangan mong magsalita tungkol sa mga bagay na ito sa isang paraan na lubos silang nakukumbinsi ng katotohanan sa iyong mga salita. Gumamit ng mga katunayan at halimbawa para ipaliwanag ang pinupunto mo, at sabihin nang tumpak kung paano sila makakahulagpos sa mapanghimagsik na pag-uugali, at tukuyin ang landas sa pagsasagawa—ganito ang pagkumbinsi sa mga tao. Yaon lamang mga gumagawa nito ang may kakayahang mamuno sa iba; sila lamang ang may taglay ng realidad ng katotohanan.

Napagkalooban na kayo ngayon ng maraming katotohanan sa pamamagitan ng pagbabahaginan, at kailangan mong suriin ang mga ito. Dapat mong masabi kung ilang katotohanan ang lahat ng iyan. Kapag alam mo na at nasasabi mo mismo ang pagkakaiba sa pagitan ng ilang aspeto ng normal na pagkatao na dapat taglayin ng isang tao, ang mga pangunahing aspeto ng mga pagbabago sa disposisyon sa buhay ng isang tao, ang pagpapalalim ng mga pangitain, at ang mga maling pamamaraan ng pagkilala

at pagdanas na nagamit ng mga tao sa lahat ng mga kapanahunan—doon ka pa lamang makatatahak sa tamang landas. Sinasamba ng mga tao ng relihiyon ang Bibliya na para bang ito ang Diyos; lalo na, itinuturing nila ang Apat na Ebanghelyo ng Bagong Tipan na parang ang mga ito ang apat na iba't ibang mukha ni Jesus, at binabanggit nila ang Trinidad ng Ama, Anak, at Banal na Espiritu. Lubhang katawa-tawa ang lahat ng ito, at dapat maaninag ninyong lahat ito; higit pa riyan, kailangan ninyong magkaroon ng kaalaman tungkol sa diwa ng Diyos na naging tao at sa gawain sa mga huling araw. Mayroon din yaong mga dating pamamaraan ng pagsasagawa, mga kamalian at paglihis na nauugnay sa pagsasagawa—pamumuhay sa espiritu, pagiging puspos ng Banal na Espiritu, pagsuko sa anumang mangyayari, pagpapasakop sa awtoridad—na kailangan ninyong malaman; dapat ninyong malaman kung paano nagsagawa ang mga tao noon, at kung paano dapat magsagawa ang mga tao ngayon. Patungkol sa kung paano dapat magtulungan ang mga lider at manggagawa sa mga iglesia; paano isantabi ang pagmamagaling at pagmamataas; paano dapat mamuhay ang mga kapatid na kaagapay ang isa't isa; paano magtatag ng mga normal na kaugnayan sa ibang mga tao at sa Diyos; paano magkamit ng normalidad sa buhay ng tao; ano ang dapat taglayin ng mga tao sa kanilang espirituwal na buhay; paano nila dapat kainin at inumin ang mga salita ng Diyos; alin sa mga salita ng Diyos ang nauugnay sa kaalaman, alin ang may kinalaman sa mga pangitain, at alin sa mga ito ang nauugnay sa landas sa pagsasagawa—hindi ba nabanggit na ang lahat ng ito? Ang mga salitang ito ay bukas sa mga naghahabol sa katotohanan, at walang sinumang pinakikitunguhan nang may pagtatangi. Ngayon, dapat ninyong linangin ang kakayahang mabuhay nang mag-isa, hindi nakasandig sa kaisipang palaasa sa iba. Sa hinaharap, kapag walang sinumang gagabay sa inyo, maiisip mo ang mga salita Kong ito. Sa mga panahon ng kapighatian, kapag imposibleng ipamuhay ang buhay ng iglesia, kapag hindi makausap ng mga kapatid ang isa't isa, karamihan sa kanila ay namumuhay nang mag-isa, ang pinakakaya lang gawin ay ang makipag-ugnayan sa mga tao sa kanilang lugar, sa gayong mga pagkakataon na, dahil sa inyong kasalukuyang tayog, sadyang hindi kayo magiging matatag. Sa gitna ng mga kapighatian, marami ang nahihirapan na tumayong matatag. Yaon lamang mga nakakaalam sa daan ng buhay at nasasangkapan ng sapat na katotohanan ang nagagawang magpatuloy na umunlad at unti-unting mapadalisay at mabago. Hindi madaling sumailalim sa mga kapighatian; kung inaakala mo na mapagdaraan mo ang mga ito sa loob ng ilang araw lamang, pinatutunayan nito kung gaano kapayak ang iyong pag-iisip! Akala mo sa pag-unawa ng maraming doktrina, magagawa mong tumayong matatag, nguni't hindi ganyan ang nangyayari! Kung hindi mo nakikilala ang mga bagay na mahalaga sa mga salita ng Diyos, hindi mo nakakayang tarukin ang mahahalagang katangian ng katotohanan, at wala kang landas sa pagsasagawa, pagdating ng panahon na may nangyari sa iyo, masasadlak ka sa kalituhan. Hindi mo matatagalan ang tukso ni Satanas, ni ang pagsapit ng pagpipino. Kung wala sa iyo ang katotohanan at wala kang mga pangitain, pagdating ng panahon, hindi mo mapipigilan ang iyong sarili na bumagsak. Mawawalan ka ng pag-asa

at sasabihin mong, “Aba, kung mamamatay lang din ako, mabuti pang makastigo ako hanggang wakas! Kung makastigo man o ipadala sa lawa ng apoy, sige lang—tatanggapin ko kung anong darating!” Ganito noong panahon ng mga tagapagsilbi: Naniwala ang ilang tao na sila ay mga tagapagsilbi anuman ang mangyari, kaya hindi na nila hinabol ang buhay. Nanigarilyo sila at uminom ng alak, nagpasasa sa laman, at ginawa ang gusto nila. Ang ilan ay basta nagbalik sa mundo para magtrabaho. Gayon din ang isang kapaligiran kung saan mahirap mabuhay; kung hindi mo ito madadaig, habang niluluwagan mo ang iyong sarili kahit katiting, mawawalan ka na ng pag-asa. Kung hindi mo madadaig ang impluwensya ni Satanas, mabibihag ka ni Satanas bago mo pa malaman iyon at muli kang masasadlak sa pagkawasak. Kaya, ngayon ay kailangan mong sangkapan ang iyong sarili ng katotohanan; kailangan mong matutong mamuhay nang mag-isa; at, kapag binabasa mo ang mga salita ng Diyos, kailangan mong magawang maghanap ng landas sa pagsasagawa. Kung walang mga lider o manggagawa na magdidilig at aakay sa iyo, dapat mo pa ring magawang makakita ng isang landas na susundan, makita ang sarili mong mga pagkukulang, makita ang mga katotohanang dapat mong isangkap sa iyong sarili at isagawa. Palagi bang masasamahan ng Diyos ang tao matapos pumarito sa lupa? Sa kanilang mga kuru-kuro, naniniwala ang ilang tao: “Diyos ko, kung hindi Mo kami gagawaan kahit paano, hindi maituturing na tapos na ang Iyong gawain, dahil pinaparatangan Ka ni Satanas.” Sinasabi Ko sa iyo, kapag natapos Ko nang sambitin ang Aking mga salita, tagumpay nang natapos ang Aking gawain. Kapag wala na Akong sasabihin, kumpleto na ang Aking gawain. Ang katapusan ng Aking gawain ay patunay ng pagkatalo ni Satanas, at dahil doon, masasabi na tagumpay itong naisakatuparan, nang walang anumang paratang mula kay Satanas. Nguni’t kung wala pa ring pagbabago sa inyo kapag natapos na ang Aking gawain, wala nang pag-asang maligtas ang mga taong katulad ninyo at aalisin kayo. Hindi na Ako gagawa ng gawaing bukod pa sa kinakailangan. Hindi Ko itutuloy ang Aking gawain sa lupa hangga’t hindi ka nalulupig kahit paano, at taglay ninyong lahat ang malinaw na kaalaman tungkol sa bawa’t aspeto ng katotohanan, at naragdagan na ang inyong kakayahan at nagpapatotoo kayo sa panloob at sa panlabas. Magiging imposible iyon! Ngayon, ang gawaing Aking ginagawa sa inyo ay para akayin kayo sa isang buhay ng normal na pagkatao; ito ang gawain ng paghahatid ng isang bagong kapanahunan at pag-aakay sa sangkatauhan tungo sa buhay ng bagong kapanahunan. Sa paisa-isang hakbang, ang gawaing ito ay isinasakatuparan at nabubuo sa inyo, nang direkta: Tinuturuan Ko kayo nang harapan; hinahawakan Ko kayo sa kamay; sinasabi Ko sa inyo ang anumang hindi ninyo nauunawaan, ipinagkakaloob sa inyo ang anumang wala kayo. Masasabi na, para sa inyo, lahat ng gawaing ito ay ang inyong panustos sa buhay, ginagabayan din kayo tungo sa isang buhay ng normal na pagkatao; ang layon nito sa partikular ay magkaloob ng pantustos para sa buhay ng grupong ito ng mga tao sa panahon ng mga huling araw. Para sa Akin, lahat ng gawaing ito ay para wakasan ang lumang kapanahunan at simulan ang isang bagong kapanahunan; patungkol kay Satanas, naging tao Ako para daigin ito mismo. Ang gawaing ginagawa

Ko sa gitna ninyo ngayon ay panustos ninyo para ngayon at para sa inyong napapanahong kaligtasan, nguni't sa panahon nitong ilang maiikling taon, sasabihin Ko sa inyo ang lahat ng katotohanan, ang buong daan ng buhay, at maging ang gawain sa hinaharap; magiging sapat ito para bigyang-kakayahan kayo na maranasan nang normal ang mga bagay sa hinaharap. Lahat lamang ng Aking salita ang naipagkatiwala Ko sa inyo. Wala na Akong iba pang ipinapangaral; ngayon, lahat ng salitang sinasambit Ko sa inyo ay siyang pangaral Ko sa inyo, dahil ngayon ay wala kayong karanasan sa marami sa mga salitang Aking sinasambit, at hindi nauunawaan ang mas napapaloob na kahulugan ng mga ito. Balang araw, magbubunga ang inyong mga karanasan tulad ng nasabi ko ngayon. Ang mga salitang ito ay mga pangitain ninyo sa ngayon, at ang mga ito ay siya ninyong aasahan sa hinaharap; ang mga ito ay panustos sa buhay ngayon at isang pangaral para sa hinaharap, at wala nang ibang pangaral na mas gagaling pa. Iyan ay dahil ang panahon na mayroon Ako para gumawa sa lupa ay hindi kasinghaba ng panahon na mayroon kayo para maranasan ang Aking mga salita; kinukumpleto Ko lamang ang Aking gawain, samantalang kayo ay naghahabol sa buhay, isang proseso na kinapapalooban ng mahabang paglalakbay sa buhay. Matapos ninyong maranasan ang maraming bagay, saka lamang ninyo lubos na matatamo ang daan ng buhay; saka lamang ninyo maaaninag ang kahulugang nakapaloob sa mga salitang sinasambit Ko ngayon. Kapag taglay ninyo ang Aking mga salita sa inyong mga kamay, kapag natanggap na ng bawa't isa sa inyo ang lahat ng Aking tagubilin, kapag naiatas Ko na sa inyo ang lahat ng kailangan Kong iatas, at kapag nagwakas na ang gawain ng mga salita, gaano man kalaki ang naging epekto nito, maipapatupad na rin ang kalooban ng Diyos. Hindi iyon katulad ng iniisip mo, na dapat kang mabago hanggang sa isang punto; hindi kumikilos ang Diyos ayon sa iyong mga kuru-kuro.

Hindi lumalago ang mga tao sa buhay nila sa loob lamang ng ilang araw. Kahit kumain at uminom sila ng mga salita ng Diyos araw-araw, hindi ito sapat. Kailangan nilang maranasan ang isang panahon ng paglago sa mga buhay nila. Ito ay isang kinakailangang proseso. Sa kakayahan ng mga tao ngayon, ano ang makakamtan nila? Ang Diyos ay gumagawa ayon sa mga pangangailangan ng mga tao, humihingi nang naaangkop batay sa kanilang likas na kakayahan. Ipagpalagay nang ang gawaing ito ay isinakatuparan sa isang grupo ng mga tao na may malaking kakayahan: Ang mga salitang binigkas ay magiging mas mataas kaysa sa mga binigkas sa inyo, ang mga pangitain ay magiging mas mataas, at ang mga katotohanan ay magiging lalong mas mataas. Ang ilang salita ay kailangang maging mas matindi, mas kayang tustusan ang buhay ng mga tao, mas kayang maghayag ng mga hiwaga. Kapag nagsasalita sa gayong mga tao, maglalaan ang Diyos ayon sa kanilang mga pangangailangan. Ang mga hinihingi sa inyo ngayon ay matatawag na pinakamahihirap; kung ang gawaing ito ay isinakatuparan sa mga taong may mas malaking kakayahan, magiging mas malaki rin ang mga hihingin. Lahat ng gawain ng Diyos ay ginagawa ayon sa likas na kakayahan ng mga tao. Ang lawak ng nabago at nalupig sa mga tao ngayon ay ang pinakamalaking posibleng lawak; huwag

gamitin ang sariling mga kuru-kuro para sukatin kung gaano naging epektibo ang yugtong ito ng gawain. Dapat maging malinaw sa inyo kung ano ang likas ninyong taglay, at huwag masyadong mataas ang tingin ninyo sa inyong mga sarili. Dati-rati, walang isa man sa inyo ang naghabol sa buhay, kundi mga pulubing pagala-gala sa mga lansangan. Para gumawa sa inyo ang Diyos hanggang sa lawak na iniisip mo, na pinagpapatirapa kayong lahat sa lupa, lubos na kumbinsido, na para bang nakakita ka ng isang dakilang pangitain—imposible iyon! Imposible iyon dahil sinumang hindi pa nakakita ng mga himala ng Diyos ay hindi lubos na nakakapaniwala sa lahat ng sinasabi Ko. Kahit suriin mo pang mabuti ang Aking mga salita, hindi mo pa rin paniniwalaan ang mga ito nang lubusan; likas iyan sa tao. Yaong mga naghahabol sa katotohanan ay sasailalim sa ilang pagbabago, samantalang ang pananampalataya na dating tinaglay ng mga hindi naghahabol sa katotohanan ay mababawasan at maaari pang maglaho. Ang hirap sa inyo talaga ay hindi kayo lubos na nakakapaniwala hangga't hindi ninyo nakikita ang katuparan ng mga salita ng Diyos, at hindi kayo umaayon hangga't hindi ninyo nakikita ang Kanyang mga himala. Kung hindi nakikita ang gayong mga bagay, sino ang lubos na magiging tapat sa Diyos? Kaya nga sinasabi Ko na ang pinaniniwalaan ninyo ay hindi ang Diyos, kundi ang mga himala. Nagsalita na Ako ngayon nang malinaw tungkol sa iba't ibang aspeto ng katotohanan; bawa't isa sa mga ito ay kumpleto, at napakahigpit na magkakaugnay ang mga ito. Nakita na ninyo ang mga ito, at ngayon ay kailangan mong isagawa ang mga ito. Ngayon ay ipinapakita Ko sa iyo ang landas, at sa hinaharap, dapat ay ikaw mismo ang magsagawa nito. Ang mga salitang sinasambit Ko ngayon ay humihingi sa mga tao batay sa kanilang tunay na sitwasyon, at gumagawa Ako alinsunod sa kanilang mga pangangailangan at sa mga bagay na nasa loob nila. Ang praktikal na Diyos ay naparito sa lupa upang gumawa ng praktikal na gawain, upang gumawa ayon sa mga tunay na sitwasyon at pangangailangan ng mga tao. Hindi Siya di-makatwiran. Kapag kumikilos ang Diyos, hindi Niya pinipilit ang mga tao. Halimbawa, mag-asawa ka man o hindi, dapat ay batay iyan sa realidad ng iyong sitwasyon; malinaw nang nasabi sa iyo ang katotohanan, at hindi kita pinipigilan. May mga tao na inaapi ng kanilang mga pamilya kaya hindi nila magawang maniwala sa Diyos maliban kung mag-aasawa sila. Sa ganitong paraan, ang pag-aasawa, sa kabaligtaran, ay nakakatulong sa kanila. Para sa iba, walang pakinabang ang pag-aasawa, kundi ang kapalit nito ay kung anong mayroon sila dati. Ang sarili mong kaso ay dapat maalaman sa pamamagitan ng iyong aktuwal na sitwasyon at ng iyong sariling pasya. Hindi Ako narito upang mag-imbento ng mga tuntunin at regulasyon na magagamit Ko para humingi sa inyo. Maraming tao ang patuloy na nananawagan, “Ang Diyos ay praktikal; ang Kanyang gawain ay batay sa realidad, at sa realidad ng ating mga sitwasyon”—nguni't sa katunayan, alam mo ba kung paano ito nagkakatotoo? Tumigil ka sa mga hungkag mong salita! Ang gawain ng Diyos ay totoo at batay sa realidad; wala itong doktrina, kundi libreng-libre ito, lahat ng ito ay hayag at hindi nakatago. Ano ang mga partikular na detalye ng ilang prinsipyong ito? Masasabi mo ba kung aling mga bahagi ng gawain ng Diyos ang ganito? Kailangan mong

magsalita nang detalyado, kailangan mong magkaroon ng ilang uri ng patotoo tungkol sa iyong mga karanasan, at kailangan mong maging napakalinaw tungkol sa katangiang ito ng gawain ng Diyos—dapat ay alam mo ito, at saka ka lamang magiging karapat-dapat na sambitin ang mga salitang ito. Kaya mo bang sumagot kung tatanungin ka ng isang tao ng: “Anong gawain ang nagawa ng Diyos na nagkatawang-tao sa lupa sa mga huling araw? Bakit ninyo Siya tinatawag na praktikal na Diyos? Ano ang ibig sabihin ng ‘praktikal’ dito? Makakapagsalita ka ba tungkol sa Kanyang praktikal na gawain, kung ano ang partikular na kabilang dito? Si Jesus ay Diyos na naging tao, at ang Diyos ngayon ay Diyos din na naging tao, kaya ano ang mga pagkakaiba sa pagitan Nila? At ano ang mga pagkakatulad? Anong gawain ang nagawa ng bawa’t isa sa Kanila?” Lahat ng ito ay patungkol sa pagpapatotoo! Huwag malito tungkol sa mga bagay na ito. Mayroong iba na nagsasabi: “Ang gawain ng Diyos ngayon ay tunay. Kailanma’y hindi ito isang pagpapamalas ng mga himala at kababalaghan.” Talaga bang hindi Siya gumagawa ng mga himala at kababalaghan? Sigurado ka ba? Alam mo ba kung ano talaga ang Aking gawain? Maaaring sabihin ng isa na hindi Siya gumagawa ng mga himala at kababalaghan, nguni’t hindi ba ang gawaing ginagawa Niya at salitang sinasambit Niya ay mga himalang lahat? Maaaring sabihin ng isa na hindi siya gumagawa ng mga himala at kababalaghan, nguni’t depende iyan kung paano ito ipinaliliwanag at para kanino iyon. Kahit hindi Siya nagpupunta sa iglesia, nailantad Niya ang mga kalagayan ng mga tao, at kahit hindi ginagampanan ang anumang gawain maliban sa pagsasalita, napasulong Niya ang mga tao—hindi ba himala ang mga ito? Sa mga salita lamang, nalupig Niya ang mga tao, at masayang sumusunod ang mga tao kahit walang mga pagkakataon o pag-asa—hindi ba isa rin itong himala? Kapag nagsasalita Siya, ang Kanyang mga salita ay nagbubunsod ng isang damdamin sa mga tao. Kung hindi sila nakadarama ng kasayahan, nakadarama sila na malamlam; kung hindi sila sumasailalim sa pagpipino, sumasailalim sila sa pagkastigo. Sa ilang matatalim na salita lamang, naghahatid Siya ng pagkastigo sa mga tao—hindi ba ito higit sa karaniwan? Kaya bang gawin ng mga tao ang gayong bagay? Nabasa mo na ang Bibliya sa loob ng maraming taon, nguni’t wala kang naunawaan, wala kang natamong kabatiran; hindi mo kinayang ihiwalay ang iyong sarili roon sa mga makaluma at tradisyonal na mga paraan ng pananalig. Wala kang paraan para maunawaan ang Bibliya. Subali’t lubos Niyang nauunawaan ang Bibliya—hindi ba ito isang bagay na higit sa karaniwan? Kung walang anumang bagay na higit sa karaniwan tungkol sa Diyos nang pumarito Siya sa lupa, magagawa ba Niyang lupigin kayo? Kung wala ang Kanyang pambihira at banal na gawain, sino sa inyo ang makukumbinsi? Sa iyong mga mata, lumilitaw na para bang may isang normal na tao ang gumagawa at namumuhay sa piling ninyo—sa tingin, mukha Siyang isang normal at karaniwang tao; ang nakikita ninyo ay balatkayo ng normal na pagkatao, nguni’t ang totoo, ito ang pagka-Diyos na gumagawa. Hindi ito normal na pagkatao, kundi pagka-Diyos; ito ang Diyos Mismo na nasa gawain, gawain na ginagampanan Niya gamit ang normal na pagkatao. Sa gayon,

ang Kanyang gawain ay kapwa normal at higit sa karaniwan. Ang gawaing ginagawa Niya ay hindi magagawa ng tao; at dahil hindi ito magagawa ng normal na mga tao, ginagawa ito ng isang pambihirang nilalang. Subali't ang pagka-Diyos ang pambihira, hindi ang pagkatao; ang pagka-Diyos ay kaiba sa pagkatao. Ang isang taong ginagamit ng Banal na Espiritu ay karaniwan at normal din ang pagkatao, nguni't hindi nila kayang gawin ang gawaing ito. Narito ang kaibhan. Maaari mong sabihing: "Ang Diyos ay hindi isang higit sa karaniwan na Diyos; wala Siyang ginagawang higit sa karaniwan. Ang ating Diyos ay sumasambit ng mga salitang praktikal at tunay. Nagpupunta Siya sa iglesia upang gumawa ng tunay at praktikal na gawain. Bawa't araw, nagsasalita Siya sa atin nang harapan, at, harapan, tinutukoy Niya ang ating mga kalagayan—ang ating Diyos ay tunay! Nabubuhay Siya sa ating piling, at lahat ng tungkol sa Kanya ay lubos na normal. Walang anuman sa Kanyang anyo na nagpapaiba sa Kanya bilang Diyos. May mga pagkakataon pa nga na nagagalit Siya at namamasdan natin ang karingalan ng Kanyang poot, at kung minsa'y ngumingiti Siya, at namamasdan natin ang Kanyang pagngiti. Siya ang Diyos Mismo na may hugis at anyo, may laman at dugo, na tunay at totoo." Kapag ikaw ay nagpapatotoo sa ganitong paraan, hindi kumpleto ang patotoong ito. Ano ang maitutulong nito sa iba? Kung hindi mo napapatotohanan ang kuwentong nakapaloob at diwa ng gawain ng Diyos Mismo, ang iyong "patotoo" ay hindi nararapat tawaging patotoo!

Ang pagpapatotoo sa Diyos una sa lahat ay patungkol sa pagsasalita tungkol sa iyong kaalaman sa gawain ng Diyos, kung paano nilulupig ng Diyos ang mga tao, kung paano inililigtas ng Diyos ang mga tao, kung paano Niya binabago ang mga tao; patungkol ito sa pagsasalita kung paano Niya ginagabayan ang mga tao sa pagpasok sa realidad ng katotohanan, na nagtutulot sa kanila na malupig, maperpekto, at mailigtas Niya. Ang pagpapatotoo ay nangangahulugan ng pagsasalita tungkol sa Kanyang gawain at lahat ng naranasan mo. Tanging ang Kanyang gawain ang kayang kumatawan sa Kanya, at tanging ang Kanyang gawain ang kayang maghayag sa Kanya sa publiko, sa Kanyang kabuuan; ang Kanyang gawain ay nagpapatotoo sa Kanya. Ang Kanyang gawain at mga pagbigkas ay direktang kumakatawan sa Espiritu; ang gawaing ginagawa Niya ay isinasakatuparan ng Espiritu, at ang mga salitang sinasambit Niya ay sinasalita ng Espiritu. Ang mga bagay na ito ay ipinapahayag lamang sa pamamagitan ng katawang-tao ng Diyos, subali't, ang katunayan, mga pahayag ito ng Espiritu. Lahat ng gawaing ginagawa Niya at lahat ng salitang sinasambit Niya ay kumakatawan sa Kanyang diwa. Kung, matapos bihisan ang Kanyang sarili ng laman at pumarito sa gitna ng tao, hindi nagsalita o gumawa ang Diyos, at pagkatapos ay inutusan kayong alamin ang Kanyang pagkatotoo, Kanyang normalidad, at Kanyang walang-hanggang kapangyarihan, magagawa mo ba? Magagawa mo bang alamin kung ano ang diwa ng Espiritu? Magagawa mo bang alamin ang mga katangian ng Kanyang katawang-tao? Dahil lamang sa naranasan ninyo ang bawa't hakbang ng Kanyang gawain kaya Niya kayo hinihingan na magpatotoo tungkol sa Kanya. Kung wala kayong gayong karanasan, hindi Niya kayo pipiliting

magpatotoo. Sa gayon, kapag nagpapatotoo ka sa Diyos, hindi mo lamang pinatotohanan ang Kanyang panlabas na normal na pagkatao, kundi pati na ang gawaing Kanyang ginagawa at ang landas na Kanyang tinatahak; patotohanan mo kung paano ka Niya nalupig at sa anong mga aspeto ka nagawang perpekto. Ito ang klase ng patotoo na dapat mong ibigay. Kung, saan ka man magtungo, humihyaw ka ng: “Naparito ang ating Diyos upang gumawa, at ang Kanyang gawain ay talagang praktikal! Natamo na Niya tayo nang walang mga kilos na higit sa karaniwan, nang wala man lang anumang mga himala at kababalaghan!” Itatanong ng iba: “Ano ang ibig mong sabihin kapag sinasabi mo na hindi Siya gumagawa ng mga himala at kababalaghan? Paano ka Niya nalupig nang hindi gumagawa ng mga himala at kababalaghan?” At sasabihin mo: “Siya ay nagsasalita, at, kahit hindi nagpapakita ng anumang mga kababalaghan o himala, nalupig Niya tayo. Nalupig tayo ng Kanyang gawain.” Sa kahuli-hulihan, kung wala kang masabing anuman na may katuturan, kung hindi mo nasasabi ang mga detalye, ito ba ay tunay na patotoo? Kapag nilulupig ng Diyos na nagkatawang-tao ang mga tao, ang Kanyang banal na mga salita ang gumagawa niyon. Hindi ito naisasakatuparan ng sangkatauhan; hindi ito isang bagay na nakakamit ng sinumang mortal, at kahit yaong mga may pinakamalalaking kakayahan sa normal na mga tao ay hindi ito kaya, sapagka’t ang Kanyang pagka-Diyos ay mas mataas kaysa sinumang nilikha. Hindi ito pangkaraniwan sa mga tao; ang Lumikha, matapos ang lahat, ay mas dakila kaysa sinumang nilikha. Ang mga nilikha ay hindi kayang maging mas mataas kaysa sa Lumikha; kung mas mataas ka kaysa sa Kanya, hindi Niya magagawang lupigin ka, at nalulupig ka lang Niya dahil mas mataas Siya kaysa sa iyo. Siya na nakakayang lupigin ang buong sangkatauhan ay ang Lumikha, at walang sinuman kundi Siya ang nakakagawa ng gawaing ito. Ang mga salitang ito ay “patotoo”—ang klase ng patotoo na dapat mong taglayin. Sa paisa-isang hakbang, naranasan mo ang pagkastigo, paghatol, pagpipino, mga pagsubok, mga pagkabigo, at mga pagdurus, at nalupig ka na; naisantabi mo na ang mga kagustuhan ng laman, ang iyong mga personal na motibo, at ang matatalik na interes ng laman. Sa madaling salita, lubos nang nalupig ng mga salita ng Diyos ang iyong puso. Bagama’t hindi ka nakalago sa iyong buhay na katulad ng hinihingi Niya, alam mo ang lahat ng bagay na ito at lubos kang kumbinsido sa ginagawa Niya. Kaya, maaari itong tawaging patotoo, patotoo na tunay at totoo. Ang gawaing ipinarito ng Diyos na gawin, ang gawain ng paghatol at pagkastigo, ay para lupigin ang tao, nguni’t tinatapos din Niya ang Kanyang gawain, winawakasan ang kapanahunan, at isinasakatuparan ang gawain ng pagtatapos. Winawakasan Niya ang buong kapanahunan, inililigtas ang buong sangkatauhan, pinalalaya ang sangkatauhan mula sa kasalanan sa huling pagkakataon; lubos Niyang natatamo ang sangkatauhan, na Kanyang nilikha. Dapat mong patotohanan ang lahat ng ito. Napakarami mo nang naranasan sa gawain ng Diyos, nakita na ito ng sarili mong mga mata at personal mo itong naranasan; kapag nakaabot ka na sa pinakadulo, kailangan ay magawa mong gampanan ang tungkuling nakaatas sa iyo. Sayang iyon! Sa hinaharap, kapag pinalalaganap ang ebanghelyo,

dapat mong makayang magsalita tungkol sa sarili mong kaalaman, magpatotoo sa lahat ng iyong natamo sa puso mo, at gawin ang lahat. Ito ang dapat maabot ng isang nilikha. Ano ang aktuwal na kabuluhan ng yugtong ito ng gawain ng Diyos? Ano ang epekto nito? At gaano rito ang isinasakatuparan sa tao? Ano ang dapat gawin ng mga tao? Kapag nakakapagsalita ka nang malinaw tungkol sa lahat ng gawaing nagawa ng Diyos na nagkatawang-tao mula nang pumarito sa lupa, magiging husto ang iyong patotoo. Kapag nakakapagsalita ka nang malinaw tungkol sa limang bagay na ito: ang kabuluhan ng Kanyang gawain; ang mga nilalaman nito; ang diwa nito; ang disposisyon na kinakatawan nito; at ang mga prinsipyo nito, patutunayan nito na kaya mong magpatotoo sa Diyos, na tunay kang nagtataglay ng kaalaman. Ang Aking mga kinakailangan sa inyo ay hindi napakataas, at magagawa ng lahat ng nasa tunay na paghahabol. Kung nagpasya kang maging isa sa mga saksi ng Diyos, kailangan mong maunawaan kung ano ang kinapopootan ng Diyos at kung ano ang minamahal ng Diyos. Naranasan mo na ang marami sa Kanyang gawain; sa pamamagitan ng gawaing ito, kailangan mong malaman ang Kanyang disposisyon, maunawaan ang Kanyang kalooban at Kanyang mga kinakailangan sa sangkatauhan, at gamitin ang kaalamang ito upang magpatotoo tungkol sa Kanya at gampanan ang iyong tungkulin. Maaaring sabihin mo lang na: “Kilala namin ang Diyos. Napakatindi ng Kanyang paghatol at pagkastigo. Ang Kanyang mga salita ay napakahigpit; ang mga ito ay matuwid at maringal, at hindi maaaring suwayin ng sinumang tao,” nguni’t ang mga salitang ito ba sa kahuli-hulihan ay nagkakaloob sa tao? Ano ang epekto ng mga ito sa mga tao? Talaga bang alam mo na ang gawain ng paghatol at pagkastigo na ito ay napakabuti para sa iyo? Inilalantad ng paghatol at pagkastigo ng Diyos ang iyong pagiging mapanghimagsik at katiwalian, hindi ba? Malilinis at mapapatsik ng mga ito ang marurumi at tiwaling bagay na iyon na nasa loob mo, hindi ba? Kung walang paghatol at pagkastigo, ano ang mangyayari sa iyo? Kinikilala mo ba talaga ang katotohanang nagawa ka nang tiwali ni Satanas sa pinakamatinding antas? Ngayon, dapat ninyong sangkapan ang inyong sarili ng mga bagay na ito at alamin nang husto ang mga ito.

Ang paniniwala sa Diyos sa panahon ngayon ay hindi ang pananampalatayang maaaring inaakala ninyo—na sapat nang basahin ang mga salita ng Diyos, manalingin, kumanta, sumayaw, gampanan ang tungkulin, at mamuhay ng normal na pagkatao. Talaga bang maaaring maging napakapayak ng paniniwala? Ang mahalaga ay ang mga resulta. Hindi iyon kung ilan ang paraan mo ng paggawa ng mga bagay-bagay; sa halip, iyon ay kung paano mo talaga makakamtan ang pinakamagagandang resulta. Maaaring magawa mong panghawakan ang mga salita ng Diyos at ipaliwanag ang ilan sa iyong kaalaman, nguni’t kapag isinantabi mo ang mga ito, wala kang masabi. Ipinapakita nito na kaya mo lamang magsalita tungkol sa mga letra at doktrina nguni’t wala kang kaalaman ng karanasan. Ngayon, hindi magiging sapat kung bigo kang tarukin kung ano ang mahalaga—napakahalaga nito para sa pagpasok sa realidad! Magsimulang sanayin ang iyong sarili nang ganito: Una, basahin ang mga salita ng Diyos; alaming maigi ang

mga espirituwal na katagang nasa loob ng mga ito; hanapin ang mga susing pangitaing nasa loob ng mga ito; tukuyin ang mga bahaging patungkol sa pagsasagawa; hugutin ang lahat ng elementong ito, nang paisa-isa; pumasok sa mga ito sa loob ng iyong karanasan. Ito ang mahahalagang bagay na kailangan mong matarok. Ang pinakamahalagang pagsasagawa kapag kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos ay ito: Kapag nabasa mo na ang isang kabanata ng mga salita ng Diyos, kailangan mong matukoy ang mga susing bahagi hinggil sa mga pangitain, at kailangan mo ring matukoy ang mga susing bahaging nauugnay sa pagsasagawa; gamitin ang mga pangitain bilang pundasyon, at gamitin ang pagsasagawa bilang gabay mo sa buhay. Ang mga ito ang kulang sa inyo higit sa lahat, at ang pinakamatindi ninyong paghihirap; sa inyong mga puso, bihira ninyong pansinin ang mga ito. Karaniwan, kayong lahat ay namumuhay sa katamaran, kawalan ng sigla, hindi handang gumawa ng anumang personal na sakripisyo; o nakatunganga lang kayo, at nagrereklamo pa ang ilan; hindi nila nauunawaan ang mga mithiin at kabuluhan ng gawain ng Diyos, at mahirap para sa kanila na habulin ang katotohanan. Ang gayong mga tao ay namumuhi sa katotohanan at sa kahuli-hulihan ay aalisin. Walang isa man sa kanila ang nagagawang perpekto, at walang isa man ang maaaring makaligtas. Kung wala ni katiting na determinasyon ang mga tao na labanan ang mga puwersa ni Satanas, wala silang pag-asa!

Ngayon, kung naging epektibo man o hindi ang inyong paghahabol ay nasusukat sa pamamagitan ng kung ano ang kasalukuyan ninyong taglay. Ito ang ginagamit para maalaman ang inyong kalalabasan; ibig sabihin, ang inyong kalalabasan ay nahahayag sa mga sakripisyo at mga bagay na nagawa ninyo. Ang inyong kalalabasan ay malalaman sa pamamagitan ng inyong paghahabol, inyong pananampalataya, at inyong nagawa. Sa inyong lahat, marami ang wala nang pag-asang mailigtas, sapagka't ngayon ang araw ng paghahayag ng mga kalalabasan ng mga tao, at hindi Ako magiging lito sa Aking gawain; hindi Ko aakayin yaong mga lubos na walang pag-asang mailigtas tungo sa susunod na kapanahunan. Magkakaroon ng panahon na tapos na ang Aking gawain. Hindi Ko gagawaan yaong mababaho at walang espiritu ng mga bangkay na hindi man lang maililigtas; ngayon ang mga huling araw ng pagliligtas sa tao, at hindi Ako gagawa ng gawaing walang silbi. Huwag magalit sa Langit at lupa—darating na ang katapusan ng mundo. Hindi ito maiiwasan. Umabot na ang mga bagay-bagay sa puntong ito, at wala ka nang magagawa bilang tao para pigilin ang mga ito; hindi mo mababago ang mga bagay-bagay ayon sa gusto mo. Kahapon, hindi ka nagsikap na habulin ang katotohanan at hindi ka naging tapat; ngayon, dumating na ang panahon, wala ka nang pag-asang mailigtas; at bukas, aalisin ka na, at wala nang magiging palugit para sa iyong kaligtasan. Kahit malambot ang Aking puso at ginagawa Ko ang lahat ng makakaya Ko para iligtas ka, kung hindi ka nagpupunyagi o nag-iisip para sa sarili mo, ano ang kinalaman nito sa Akin? Yaong mga nag-iisip lamang tungkol sa kanilang laman at nagtatamasa ng kaginhawahan; yaong mga mukhang naniniwala nguni't hindi talaga naniniwala; yaong mga nakikilahok sa masasamang panggagamot at pangkukulam;

yaong mga walang delikadesa, gula-gulanit at nanlilimahid; yaong mga nagnanakaw ng mga alay kay Jehova at ng Kanyang mga pag-aari; yaong mga nagmamahal sa mga suhol; yaong mga nangangarap nang walang ginagawa na makaakyat sa langit; yaong mga mapagmataas at palalo, na nagpupunyagi lamang para sa personal na katanyagan at yaman; yaong mga nagkakalat ng mga salitang walang katuturan; yaong mga lumalapastangan sa Diyos Mismo; yaong mga walang ginagawa kundi husgahan at siraang-puri ang Diyos Mismo; yaong mga naggugrupu-grupo at naghahangad na maging malaya; yaong mga dinadakila ang kanilang sarili nang higit sa Diyos; yaong walang-kuwentang mga kabataan, mga may-edad at matatandang kalalakihan at kababaihan na nasilo sa kahalayan; yaong kalalakihan at kababaihan na nagtatamasa ng personal na katanyagan at yaman at naghahabol ng personal na katayuan sa gitna ng iba; yaong mga taong hindi nagsisisi na nabitag sa kasalanan—hindi ba sila, lahat sila, ay walang pag-asang maligtas? Ang kahalayan, pagiging makasalanan, masamang panggagamot, pangkukulam, pagmumura, at walang-katuturang mga salita ay lahat talamak sa inyo; at ang katotohanan at mga salita ng buhay ay tinatapakan sa gitna ninyo, at ang banal na pananalita ay dinudungisan sa gitna ninyo. Kayong mga Hentil, na sobra sa karumihan at pagkasuwail! Ano ang kalalabasan ninyo sa huli? Paano naaatim ng mga nagmamahal sa laman, gumagawa ng pangkukulam ng laman, at nabibitag sa mahalay na kasalanan na patuloy na mabuhay! Hindi mo ba alam na ang mga taong katulad ninyo ay mga uod na walang pag-asang maligtas? Ano ang nagbigay sa inyo ng karapatang humingi ng kung anu-ano? Sa ngayon, wala ni katiting na pagbabago sa mga hindi nagmamahal sa katotohanan at nagmamahal lamang sa laman—paano maliligtas ang gayong mga tao? Yaong mga hindi minamahal ang daan ng buhay, mga hindi dumadakila sa Diyos at nagpapatotoo sa Kanya, mga nagpapakana alang-alang sa sarili nilang katayuan, na nagtataas sa kanilang mga sarili—hindi ba’t ganoon pa rin sila, kahit ngayon? Ano ang kabuluhan ng pagliligtas sa kanila? Kung maliligtas ka ay hindi depende sa kung gaano ka na katanda o ilang taon ka nang nagtatrabaho, at lalo nang hindi ito depende sa kung gaano karami ang mga kredensyal mo. Bagkus, depende ito sa kung nagbunga na ang iyong paghahabol. Kailangan mong malaman na yaong mga naliligtas ay ang “mga puno” na nagbubunga, hindi ang mga puno na may malalagong dahon at saganang bulaklak subali’t hindi nagbubunga. Kahit nakagugol ka na ng maraming taon sa paggala-gala sa mga lansangan, ano ang halaga niyon? Nasaan ang iyong patotoo? Ang iyong pagpipitagan sa Diyos ay napakababaw kumpara sa pagmamahal mo sa iyong sarili at sa iyong mga mahahalay na pagnanasa—hindi ba napakasama ng ganitong klaseng tao? Paano sila magiging uliran at huwaran para sa pagliligtas? Ang iyong kalikasan ay hindi na mababago, napakasuwail mo, wala ka nang pag-asang maligtas! Hindi ba ang gayong mga tao ang aalisin? Hindi ba ang oras na matatapos ang Aking gawain ang siyang oras ng pagdating ng huling araw mo? Napakarami Kong nagawang gawain at napakarami Kong nasambit na salita sa gitna ninyo—gaano karami nito ang tunay na nakapasok sa inyong mga

tainga? Gaano karami nito ang nasunod ninyo kahit kailan? Kapag natapos ang Aking gawain, iyon ang magiging oras na titigil kang kontrahin Ako, na titigil kang kalabanin Ako. Habang Ako'y gumagawa, patuloy kayong kumikilos laban sa Akin; hindi kayo sumusunod sa Aking mga salita kahit kailan. Ginagawa Ko ang Aking gawain, at ginagawa mo ang iyong sariling “gawain,” gumagawa ng sarili mong munting kaharian. Kayo'y walang iba kundi mga soro at mga aso, ginagawa ang lahat para kontrahin Ako! Palagi ninyong sinusubukang yakapin yaong mga naghahandog sa inyo ng kanilang buong pagmamahal—nasaan ang inyong pagpipitagan? Lahat ng ginagawa ninyo ay mapanlinlang! Wala kayong pagsunod o pagpipitagan, at lahat ng ginagawa ninyo ay mapanlinlang at lapastangan! Maliligtas ba ang ganyang klaseng tao? Ang mga taong sekswal na imoral at mahalay ay palaging gustong akitin ang makikiring haliparot sa kanila para sa sarili nilang kasiyahan. Hindi Ko talaga ililigtas ang gayong sekswal na imoral na mga demonyo. Kinamumuhian Ko kayong maruruming demonyo, at ang inyong kahalayan at pagiging haliparot ay magsasadlak sa inyo sa impiyerno. Ano ang masasabi ninyo para sa inyong mga sarili? Nakakadiri kayong maruruming demonyo at masasamang espiritu! Nakasusuklam kayo! Paano maliligtas ang gayong klaseng basura? Maliligtas pa rin ba sila na nabibitag sa kasalanan? Ngayon, ang katotohanang ito, ang daang ito, at ang buhay na ito ay hindi umaakit sa inyo; bagkus, naaakit kayo sa pagkakasala; sa pera; sa reputasyon, katanyagan at pakinabang; sa mga kasiyahan ng laman; sa kaguwapuhan ng mga lalaki at kariktan ng mga babae. Ano ang nagbibigay ng karapatan sa inyo na pumasok sa Aking kaharian? Ang inyong larawan ay higit pa kaysa sa Diyos, ang inyong katayuan ay mas mataas pa kaysa sa Diyos, maliban pa sa inyong kabantugan sa mga tao—naging idolo na kayo na sinasamba ng mga tao. Hindi ba kayo naging ang arkanghel? Kapag inihahayag na ang mga kalalabasan ng mga tao, na kung kailan rin malapit nang matapos ang gawain ng pagliligtas, marami sa inyo ang magiging mga bangkay na wala nang pag-asang maligtas at kailangang alisin. Sa oras ng gawain ng pagliligtas, Ako ay mabait at mabuti sa lahat ng tao. Kapag natapos na ang gawain, ang mga kalalabasan ng iba't ibang uri ng mga tao ay mahahayag, at sa oras na iyon, hindi na Ako magiging mabait at mabuti, sapagka't ang mga kalalabasan ng mga tao ay mahahayag na, at bawa't isa ay pagsasama-samahin ayon sa kanilang uri, at mawawalan na ng saysay ang paggawa ng anumang iba pang gawain ng pagliligtas, dahil ang kapanahunan ng pagliligtas ay nakalipas na, at, dahil nakalipas na, hindi na ito babalik.

Pagsasagawa 8

Hindi pa rin ninyo nauunawaan ang iba't ibang aspeto ng katotohanan, at mayroon pa ring ilang pagkakamali at mga paglihis sa inyong pagsasagawa; sa maraming larangan, namumuhay kayo sa inyong mga kuru-kuro at guni-guni, hindi kailanman nagagawang

maunawaan ang mga prinsipyo ng pagsasagawa. Kung kaya't kailangan pa ring gabayan ang mga tao sa pagpasok sa tamang landas; sa ibang pananalita, upang magawa nilang ayusin ang kanilang pantao at espirituwal na mga buhay, isagawa ang dalawang aspeto, at nang hindi kailanganing suportahan o gabayan sila nang madalas. Sa gayon lamang nila tataglayin ang tunay na tayog. At kahit na walang sinumang gumabay sa iyo sa hinaharap, magagawa mo pa ring makaranas nang mag-isa. Sa kasalukuyan, kung makarating ka sa pagkaunawa sa kung aling mga aspeto ng katotohanan ang mahalaga at kung alin ang hindi, sa hinaharap, magagawa mong makapasok sa realidad. Sa kasalukuyan, kayo ay inaakay patungo sa tamang landas, tinutulutan kayong maunawaan ang maraming katotohanan, at sa hinaharap ay magagawa ninyong mas magpakalalim pa. Maaaring sabihing ang ipinaunawa sa mga tao ngayon ay ang pinakadalisay na paraan. Sa kasalukuyan, ikaw ay dinadala sa tamang landas—at kung, isang araw, walang sinuman ang gagabay sa iyo, magsasagawa ka at susulong nang mas malalim ayon sa landas na ito na pinakadalisay sa lahat. Ngayon, ipinaunawa sa mga tao kung aling mga uri ng pagsasagawa ang tama at alin ang mga lihis. Pagkatapos maunawaan ang mga bagay na ito, sa hinaharap, ang kanilang mga karanasan ay lalalim. Sa kasalukuyan, ang mga kuru-kuro, mga guni-guni at mga paglihis sa inyong pagsasagawa ay binabaligtad, at ang landas ng pagsasagawa at pagpasok ay ibinubunyag sa inyo, pagkatapos nito ay magwawakas ang yugto ng gawaing ito, at sisimulan ninyong tahakin ang landas na nararapat sa inyong mga tao. Pagkatapos ay magwawakas ang Aking gawain, at mula sa puntong iyon ay hindi na kayo makikipagkita sa Akin. Sa kasalukuyan, ang inyong tayog ay kulang na kulang pa rin. Maraming paghihirap ang lumilitaw mula sa kalikasan at diwa ng tao, at kaya mayroon ding ilang bagay na nakaugat nang malalim na hindi pa nahuhukay. Hindi ninyo nauunawaan ang mas maliliit na detalye ng kalikasan at diwa ng mga tao, at kailangan pa rin Ako para tukuyin ang mga ito; kung hindi, hindi ninyo ito makikilala. Kapag ito ay nakaabot sa isang partikular na punto kung saan ang mga bagay sa loob ng inyong mga buto at dugo ay nailantad, ito ang kinikilala bilang pagkastigo at paghatol. Wawakasan ko ang Aking gawain kapag ito ay ganap at lubos nang naisagawa. Kapag nalantad nang mas matindi ang kakanyahan ng inyong katiwalian, mas maraming kaalaman ang inyong tataglayin, at ito ay magiging napakahalaga sa inyong pagpapatotoo at pagkaperpekto sa hinaharap. Matatapos lamang ang Aking gawain kapag ang gawain ng pagkastigo at paghatol ay lubos nang naisagawa, at makikilala ninyo Ako mula sa Aking pagkastigo at paghatol. Hindi lamang ang Aking disposisyon at pagkamatuwid ang inyong makikilala, ngunit, ang mas mahalaga, makikilala ninyo ang Aking pagkastigo at paghatol. Marami sa inyo ang mayroong malawak na kuru-kuro tungkol sa pagiging bago at pagiging detalyado na naitatampok sa Aking gawain. Ano't anuman, kailangan ninyong makita na ang Aking gawain ay bago at detalyado, at tinuturuan Ko kayong magsagawa nang harap-harapan, nang inaakay kayo. Tanging ito ang kapaki-pakinabang sa inyong pagsasagawa at sa inyong kakayahang manindigan sa hinaharap; kung hindi, kayo ay magiging kagaya ng mga

dahon sa taglagas, lanta, naninilaw at tuyo, at wala ni kaunting halaga. Dapat ninyong malaman na nalalaman Ko ang lahat ng nasa inyong mga puso at mga espiritu; at dapat ninyong malaman na ang gawain na Aking ginagawa at ang mga salita na Aking sinasabi ay lubos na napakabanayad. Batay sa inyong disposisyon at kakayahan, sa ganitong paraan kayo dapat pangasiwaan. Tanging sa ganitong paraan magiging mas malinaw ang inyong kaalaman ukol sa Aking pagkastigo at paghatol, at kahit na hindi mo nalalaman ngayon, malalaman mo ito bukas. Ang sinumang nilikha ay dapat mabuwal sa gitna ng Aking mga salita ng pagkastigo at paghatol, sapagkat hindi Ko pinahihintulutan ang paglaban ng sinumang tao sa Akin.

Kailangan ninyong lahat na makatwirang ayusin ang inyong sariling mga buhay. Ang bawat araw ay maaari ninyong ayusin kung paano man ninyo naisin; malaya kayong gawin anuman ang inyong ibigin; maaari kayong magbasa ng mga salita ng Diyos, makinig ng mga himno o mga sermon, o magsulat ng talang pangdebosyon; at kung gugustuhin ninyo, maaari kayong magsulat ng mga himno. Ang lahat ba ng ito ay hindi bumubuo ng isang angkop na buhay? Ang lahat ng ito ay mga bagay na dapat nakapaloob sa buhay ng tao. Ang mga tao ay dapat mabuhay nang natural; maituturing lamang sila na pumasok sa normal na buhay kapag inani na nila ang bunga ng kanilang normal na pagkatao at espirituwal na mga buhay. Sa kasalukuyan, hindi lamang pagdating sa pagkatao ka nagkukulang sa kabatiran at katwiran. Marami ring pangitain na dapat malaman na dapat taglayin ng mga tao, at anumang aral ang iyong masalubong, iyon ang aral na dapat mong matutunan; kailangan mong makayanang makibagay sa kapaligiran. Ang pagpapaunlad sa antas ng iyong edukasyon ay kailangang gawin nang pangmatagalan upang ito ay maging mabunga. Mayroong ilang bagay na dapat mong taglayin sa iyong sarili para sa isang normal na buhay ng tao, at kailangan mo ring maunawaan ang iyong pagpasok sa buhay. Ngayon, marami ka nang naunawaan sa mga salita ng Diyos—binabasang muli ang mga ito ngayon—na hindi mo naunawaan noon, at lalong naging matatag ang iyong puso. Ang mga ito rin ay mga bungang iyong nakamit. Sa anumang araw na kumain at uminom ka ng mga salita ng Diyos at mayroong kaunting pag-unawa sa loob mo, maaari kang makipagniig sa iyong mga kapatid nang malaya. Hindi ba ito ang buhay na dapat ay mayroon ka? Minsan, may ilang katanungang ibinibigay, o nagninilay ka tungkol sa isang paksa, at pinapahusay ka nito sa pagkilala, at nagbibigay sa iyo ng mas maraming kabatiran at karunungan, nagtutulot sa iyo na maunawaan ang ilang mga katotohanan—at hindi ba ito ang nilalaman ng espirituwal na buhay na tinatalakay ngayon? Hindi katanggap-tanggap na magsagawa lamang ng isang aspeto ng espirituwal na buhay; ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, ang pananalangin, at pag-awit ng mga himno ang mga bumubuong lahat sa espirituwal na buhay, at kapag mayroon kang espirituwal na buhay, kailangan ka ring magkaroon ng buhay ng normal na pagkatao. Sa kasalukuyan, karamihan sa mga sinasabi ay para bigyan ang mga tao ng katwiran at kabatiran, para tulutan sila na taglayin ang isang buhay ng normal na pagkatao. Ang kahulugan ng pagkakaroon ng kabatiran; ang kahulugan ng

pagkakaroon ng normal na personal na pakikipag-ugnayan sa ibang tao; kung paano ka dapat makisalamuha sa mga tao—dapat mong sangkapan ang iyong sarili ng mga bagay na ito sa pamamagitan ng pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, at ang kinakailangan mula sa iyo ay matatamo sa pamamagitan ng normal na pagkatao. Dapat mong sangkapan ang iyong sarili ng mga bagay na kailangan mong isangkap, at huwag kang lalabis sa kung ano ang nararapat; ginagamit ng ilang tao ang lahat ng uri ng salita at bokabularyo, at sa ganitong paraan sila ay nagmamayabang ng kanilang mga pang-akit. At ang iba ay nagbabasa ng lahat ng uri ng aklat, kung saan nagpapakasaya sila sa mga pagnanasa ng laman. Pinag-aaralan pa nila at tinutularan ang mga talambuhay at mga panipi ng mga tinaguriang dakilang tao ng mundo, at nagbabasa ng mga aklat na may pornograpiya—ito ay lalong nakakatawa! Ang mga taong kagaya nito ay hindi lamang sa hindi nalalaman ang landas sa pagpasok sa buhay, higit pa rito, hindi nila nalalaman ang gawain ng Diyos sa kasalukuyan. Ni hindi nila nalalaman kung paano gugulin ang bawat araw. Ganyan ang buhay nilang hungkag! Sila ay ganap na mangmang ukol sa kung ano ang mga dapat nilang pasukin. Ang tanging ginagawa nila ay magsalita at makipag-usap sa iba, na para bang ang pagsasalita ay kahalili ng kanilang sariling pagpasok. Wala ba silang kahihiyan? Ito ang mga taong hindi nalalaman kung paano mabuhay, at hindi nauunawaan ang buhay ng tao; ginugugol nila ang buong maghapon sa pagpapaganda ng kanilang mga mukha, at paggawa ng walang katuturang mga bagay—anong halaga ng pamumuhay sa ganitong paraan? Nakita Ko na para sa maraming tao, bukod sa pagtatrabaho, pagkain, at pagsusuot ng damit, ang kanilang mahalagang oras ay pinupunan sa kabilang banda ng walang halagang mga bagay, maging ito man ay pakikipagkatuwaan o pakikipaglokohan, pakikipagtsismisan, o pagtulog maghapon. Ito ba ang buhay ng isang banal? Ito ba ang buhay ng isang normal na tao? Gagawin ka bang perpekto ng buhay na tulad nito kung ito ay aba, paurong, at mapagwalang-bahala? Nakahanda ka ba talagang isuko ang iyong sarili kay Satanas para sa wala? Kapag ang buhay ng mga tao ay madali, at walang pagdurusa sa kanilang kapaligiran, wala silang kakayahang dumanas. Sa maginhawang mga kapaligiran, madali para sa mga tao na maging ubod ng sama—ngunit magagawa ng masasamang kapaligiran na padasalin ka nang may mas matinding determinasyon, at ginagawa ito upang huwag mong tangkaing lisanin ang Diyos. Kapag mas madali at mas nakababagot ang buhay ng mga tao, lalong nadarama ng mga tao na walang halaga ang mabuhay, at nararamdaman pa nilang mas mabuti pang sila ay mamatay. Ganito katiwali ang laman ng mga tao; nakikinabang lamang sila kung nakararanas sila ng mga pagsubok.

Ang yugto ng gawain ni Jesus ay ginawa sa Judea at Galilea, at hindi alam ng mga Hentil ang ukol rito. Ang gawain na Kanyang ginawa ay lubos na inilihim, at walang mga bansa maliban sa Israel ang may alam ukol rito. Nalaman ng mga tao ang ukol dito nang matapos lamang ni Jesus ang Kanyang gawain at nagdulot ito ng kaguluhan, at sa panahong iyon Siya ay nakaalis na. Dumating si Jesus upang isagawa ang isang yugto ng gawain, kamtin ang ilang tao, at tapusin ang isang yugto ng gawain. Sa anumang

yugto ng gawain na ginagawa ng Diyos, marami ang sumusunod sa Kanya. Kung ito ay isinagawa lamang mismo ng Diyos, ito'y magiging walang kabuluhan; kailangang mayroong mga tao na susunod sa Diyos hanggang maisakatuparan Niya ang yugtong iyon ng gawain hanggang sa pinakawakas. Kapag ang gawain mismo ng Diyos ay natapos na, doon pa lamang magsisimula ang mga tao na isagawa ang gawaing iniatas ng Diyos, at doon lamang magsisimulang lumaganap ang gawain ng Diyos. Ginagawa lamang ng Diyos ang gawain ng paghahatid sa isang bagong panahon; ang gawain ng mga tao ay ang ipagpatuloy ito. Kaya, ang gawain sa kasalukuyan ay hindi magtatagal; ang Aking buhay kasama ng tao ay hindi magpapatuloy nang napakatagal. Tinatapos Ko lamang ang Aking gawain, at ipatutupad sa inyo ang tungkuling dapat ninyong tuparin, upang ang gawaing ito at ang ebanghelyong ito ay mapapalaganap sa lalong madaling panahon sa mga Hentil at sa ibang mga bansa—saka lamang ninyo maaaring tuparin ang inyong tungkulin bilang mga tao. Ang kasalukuyang panahon ang pinakamahalaga sa lahat. Kung babalewalain mo ito, ikaw ay isang hangal; kung, sa kapaligirang ito, kinakain at iniinom mo ang mga salitang ito at dinaranas ang gawaing ito, at gayunma'y wala kang anumang kapasyahan na maghangad ng katotohanan, at walang taglay ni katiting na diwa ng pasanin—ano ang iyong hinaharap kung gayon? Hindi ba't ang taong tulad mo ay hinog na para alisin?

Maglingkod Gaya ng Ginawa ng mga Israelita

Sa panahong ito, maraming taong hindi pumapansin sa mga aral na dapat matutunan habang nakikipag-ugnayan sa iba. Natuklasan Ko na marami sa inyo ang hindi man lamang matuto ng mga aral habang nakikipag-ugnayan sa iba; karamihan sa inyo ay nakapagkit sa sarili ninyong mga pananaw. Kapag gumagawa sa iglesia, sinasabi mo ang gusto mong sabihin at sinasabi ng iba pa ang gusto nila, at walang kaugnayan ang isa sa isa pa; ni hindi ka aktwal na tumutulong. Kayong lahat ay masyadong nakatuon sa pagpapaabot lamang ng sarili ninyong mga kabatiran o sa pagpapalaya ng mga “bigat” na dala ninyo sa inyong kalooban, nang hindi naghahangad ng buhay kahit sa pinakamaliit na paraan. Mukhang ginagawa mo lamang ang gawain nang walang gana, laging naniniwala na dapat kang tumahak sa sarili mong landas anuman ang sabihin o gawin ng iba; iniisip mong dapat kang magbahagi ayon sa paggabay sa iyo ng Banal na Espiritu, anuman ang sitwasyon ng iba. Hindi ninyo nagagawang tuklasin ang mga kalakasan ng iba, at ni hindi rin ninyo kayang suriin ang inyong sarili. Ang pagtanggap ninyo sa mga bagay-bagay ay talagang lihis at mali. Masasabi na kahit ngayon ay madalas pa rin kayong magmagaling, na para bang nagbalik kayo sa dating sakit na iyon. Hindi kayo nakikipag-usap sa isa't isa sa isang paraang lubos na hayagan, halimbawa, tungkol sa uri ng kinalabasang natamo ninyo sa paggawa sa ilang iglesia, o tungkol sa kundisyon ng iyong kalooban kamakailan, at iba

pa; sadyang hindi kayo nag-uusap kailanman tungkol sa gayong mga bagay. Talagang hindi kayo lumalahok sa mga pagsasagawa tulad ng pagbitaw sa sarili ninyong mga haka-haka o pagtalikod sa inyong sarili. Iniisip lamang ng mga lider at manggagawa kung paano mapapanatiling hindi negatibo ang kanilang mga kapatid at kung paano nila magagawang sumunod nang masigla. Gayunman, iniisip ninyong lahat na sapat nang sumunod lamang nang masigla, at higit sa lahat, hindi ninyo nauunawaan ang kahulugan ng kilalanin ang inyong sarili at talikdan ang inyong sarili, lalong hindi ninyo nauunawaan ang kahulugan ng maglingkod sa pakikipag-ugnayan sa iba. Iniisip lamang ninyo na loobin ninyo mismong suklian ang Diyos sa Kanyang pagmamahal, na loobin ninyo mismong isabuhay ang estilo ni Pedro. Maliban sa mga bagay na ito, wala na kayong iba pang iniisip. Sinasabi pa ninyo na, anuman ang gawin ng ibang mga tao, hindi ka pikit-matang magpapasakop, at na anumang klase ang mga tao, hahanapin mo mismo ang pagpeperpekto ng Diyos, at magiging sapat na iyon. Gayunman, ang totoo ay hindi matibay na naipahayag ang iyong kagustuhan sa anumang paraan sa realidad. Hindi ba lahat ng ito ang uri ng pag-uugaling ipinapakita ninyo sa panahong ito? Mahigpit na kumakapit ang bawat isa sa inyo sa sarili ninyong kabatiran, at hangad ninyong lahat na magawang perpekto. Nakikita Ko na nakapaglingkod kayo sa loob ng napakatagal na panahon nang walang gaanong nagawang pag-unlad; lalo na, sa aral na ito ng pagtutulungan nang may pagkakaisa, wala talaga kayong nakamit na anuman! Kapag nagpupunta sa mga iglesia nangungusap ka sa sarili mong paraan, at nangungusap ang iba sa kanilang paraan. Bihirang magkaroon ng pagtutulungang may pagkakaisa, at mas totoo pa nga ito sa mga alagad na nakakababa sa iyo. Ibig sabihin, bihirang maunawaan ng sinuman sa inyo kung ano ang paglilingkod sa Diyos, o kung paano dapat maglingkod ang isang tao sa Diyos. Naguguluhan kayo at itinuturing ninyong maliliit na bagay ang ganitong uri ng aral. Maraming tao pa ngang hindi lamang bigong isagawa ang aspetong ito ng katotohanan, kundi sadya ring gumagawa ng mali. Kahit ang mga naglingkod na nang maraming taon ay nag-aaway-away at nagpaplano laban sa isa't isa at naiinggit at nakikipagkumpitensya; kanya-kanya sila, at ni hindi sila nagtutulungan. Hindi ba kumakatawan ang lahat ng bagay na ito sa inyong aktwal na tayog? Kayong mga tao na sama-samang naglilingkod araw-araw ay parang mga Israelita, na direktang naglingkod sa Diyos Mismo araw-araw sa templo. Paano nangyari na kayong mga tao, na naglilingkod sa Diyos, ay walang ideya kung paano mag-ugnayan o paano maglingkod?

Noon, direktang naglingkod kay Jehova ang mga Israelita sa templo, at mayroon silang pagkakakilanlan ng mga saserdote. (Siyempre, hindi lahat ng tao ay isang saserdote; ilan lamang na mga naglingkod kay Jehova sa templo ang may ganoong pagkakakilanlan.) Magsusuot sila ng mga koronang ipinagkaloob sa kanila ni Jehova (nangangahulugang ginawa nila ang mga koronang ito ayon sa mga hinihingi ni Jehova; hindi sa ibinigay ni Jehova nang direkta sa kanila ang mga korona). Magsusuot din sila ng mga balabal na pang-saserdote na ipinagkaloob sa kanila ni Jehova at direkta Siyang paglilingkuran sa templo, nang nakayapak, mula umaga hanggang gabi. Ang paglilingkod

nila kay Jehova ay hindi padaskul-daskol ni anuman, at hindi ito kinapalooban ng pikit-matang pagmamadali parito't paroon; sa halip, ginawa ang lahat ng ito ayon sa mga tuntunin na hindi malalabag ng sinumang direktang naglilingkod sa Kanya. Kinailangan nilang lahat na sumunod sa mga alituntuning ito; kung hindi, pagbabawalan silang pumasok sa templo. Kung mayroong isa sa kanilang lumabag sa mga tuntunin ng templo—iyon ay, kung may sinumang sumuway sa mga utos ni Jehova—ang taong iyon ay kinailangang tratuhin ayon sa mga batas na inilabas Niya, at walang sinuman ang pinayagang tumutol dito o protektahan ang lumabag. Gaano man karaming taon na silang nakapaglingkod sa Diyos, kinailangang sumunod ang lahat sa mga tuntunin. Dahil dito, napakaraming saserdote ang nagsuot ng mga balabal na pang-saserdote at tuluy-tuloy na naglingkod kay Jehova sa ganitong paraan, buong taon, kahit na hindi Niya sila nabigyan ng anumang natatanging pagtrato. Igugugol pa nga nila ang buong buhay nila sa harap ng altar at sa templo. Ito ay isang pagpapakita ng kanilang katapatan at pagpapasakop. Hindi na nakapagtataakang ipinagkaloob ni Jehova ang maraming pagpapala sa kanila; dahil sa kanilang katapatan kung kaya't tumanggap sila ng pagtatangi at nakita ang lahat ng gawa ni Jehova. Noon, nang gumawa si Jehova sa Israel kasama ng Kanyang mga hinirang na tao, mabibigat ang mga hiningi Niya sa kanila. Lahat sila ay napakamasunurin at napigilan ng mga batas; nagsilbi ang mga batas na ito upang pangalagaan ang kakayahan nilang igalang si Jehova. Ang lahat ng ito ay mga atas administratibo ni Jehova. Kung mayroong sinuman sa mga saserdoteng iyon na hindi ipinangilin ang Sabbath o na lumabag sa mga utos ni Jehova, at kung natuklasan ang mga ito ng mga karaniwang tao, agad na dadalhin ang taong iyon sa harap ng altar at babatuhin hanggang mamatay. Hindi pinayagan ang mga bangkay na iyon na mailagay sa loob o sa paligid ng templo; hindi iyon pinayagan ni Jehova. Ang sinumang gumawa noon ay ituturing na isang taong naghahandog ng “mga sekular na alay,” at itatapon sa isang malaking hukay at papatayin. Siyempre, ang lahat ng ganoong tao ay mawawalan ng buhay; walang matitira. Mayroon pa nga yaong mga naghahandog ng “sekular na apoy”; sa ibang salita, ang mga taong hindi nag-alay sa mga araw na inilaan ni Jehova ay susunugin ng Kanyang apoy kasama ng kanilang mga alay, na hindi pinayagang manatili sa altar. Ang mga hinihingi sa mga saserdote ay ang mga sumusunod: Hindi sila pinayagang pumasok sa templo, o kahit sa panlabas na bakuran nito, nang hindi muna naghuhugas ng mga paa nila; hindi sila maaaring pumasok sa templo maliban kung suot ang kanilang mga balabal na pang-saserdote; hindi sila maaaring pumasok sa templo maliban kung suot nila ang kanilang mga koronang pang-saserdote; hindi sila maaaring pumasok sa templo kung narumihan ng isang bangkay; hindi sila maaaring pumasok sa templo pagkatapos hawakan ang kamay ng isang di-matuwid na tao, maliban kung hinugasan muna nila ang sarili nilang mga kamay; at hindi sila maaaring pumasok sa templo pagkatapos dungisan ang kanilang mga sarili sa piling ng mga babae (sa loob ng tatlong buwan, hindi magpakailanman), ni pinayagan silang makita ang mukha ni Jehova. Kapag tapos na—nangangahulugang pagkatapos lamang ng tatlong buwan

saka sila papayagang magsuot ng malilinis na balabal na pang-saserdote—kailangan muna silang maglingkod sa panlabas na bakuran nang pitong araw bago sila maaaring pumasok sa templo upang makita ang mukha ni Jehova. Pinahintulutan silang magsuot ng alinman sa mga damit pang-saserdote na ito sa loob lamang ng templo, at hindi kailanman sa labas, upang iwasang madungisan ang templo ni Jehova. Kailangang dalhin ng lahat ng saserdoteng yaon ang mga kriminal na lumabag sa mga batas ni Jehova sa harap ng altar Niya, kung saan sila papatayin ng mga karaniwang tao; kung hindi, magliliyab ang saserdoteng nakasaksi sa krimen. Kaya, walang-maliw silang naging tapat kay Jehova, dahil ang mga batas Niya ay napakahigpit sa kanila, at talagang hindi sila mangangahas kailanman na basta-bastang labagin ang mga atas administratibo Niya. Naging tapat ang mga Israelita kay Jehova sapagkat nakita na nila ang Kanyang ningas, at nakita ang kamay na ginamit Niya upang kastiguhin ang mga tao, at dahil na rin dati pa silang may ganoong paggalang sa Kanya. Kaya, ang natamo nila ay hindi lamang ang ningas ni Jehova, kundi ang Kanyang pangangalaga, ang Kanyang pag-iingat, at ang Kanyang mga pagpapala. Ang katapatan nila ay na sinunod nila ang mga salita ni Jehova sa lahat ng kanilang mga pagkilos, at walang sumuway. Kung may anumang pagsuway na magaganap, isasakatuparan pa rin ng iba ang mga salita ni Jehova, papatayin ang sinumang sumuway kay Jehova, at hindi itatago sa Kanya ang taong iyon sa anumang paraan. Yaong mga lumabag sa Sabbath, yaong mga nagkasala ng pakikipagtalik sa marami, at yaong mga nagnakaw ng mga handog kay Jehova ay parurusahan nang may partikular na kabagsikan. Ang mga lumabag sa Sabbath ay binato nila (ng mga karaniwang tao) hanggang mamatay, o sila ay nilatigo hanggang mamatay, nang walang pagtatangi. Yaong mga nakiapid—maging yaong mga nagnasa sa magagandang babae o nagkaroon ng mahahalay na kaisipan nang makakita ng masasamang babae, o na nagkaroon ng pagnanasa nang makakita ng mga dalaga—ay lahat papatayin. Kung may sinumang dalagang hindi nagsuot ng takip o belo ang tumukso sa isang lalaki tungo sa ipinagbabawal na asal, papatayin ang babaeng iyon. Kung ang lalaki ay isang saserdote (isang naglingkod sa templo) na lumabag sa ganitong uri ng mga batas, ipapako siya sa krus o bibitayin. Walang ganoong tao ang papayagang mabuhay, at wala ni isa ang makakakuha ng pagtatangi sa harap ni Jehova. Ang mga kaanak ng ganitong uri ng lalaki ay hindi papayagang maghandog ng mga alay kay Jehova sa harap ng altar sa loob ng tatlong taon pagkatapos niyang mamatay, ni papayagan silang makibahagi sa mga alay na iginawad ni Jehova sa mga karaniwang tao. Pagkatapos lamang ng panahong iyon saka sila maaaring maglagay ng magandang klase ng baka o tupa sa altar ni Jehova. Kung may iba pang mga paglabag na nagawa, kailangan silang mag-ayuno sa harap ni Jehova nang tatlong araw, nang nagsusumamo para sa Kanyang biyaya. Sinamba nila si Jehova hindi lamang dahil napakabagsik at napakahigpit ng mga batas Niya; ginawa nila ito bilang resulta ng Kanyang biyaya at ng kanilang katapatan sa Kanya. Dahil dito, hanggang ngayon, nananatili silang ganoon pa rin katapat sa kanilang paglilingkod, at hindi sila kailanman

umurong sa kanilang pagsusumamo kay Jehova. Sa mga araw na ito, tumatanggap pa rin ang mga tao ng Israel ng Kanyang pangangalaga at pag-iingat, at Siya pa rin ang biyayang kasama nila, patuloy na laging kasama nila. Alam nilang lahat kung paano nila dapat igalang si Jehova, at paano nila Siya dapat paglingkuran, at alam nilang lahat kung paano sila dapat kumilos upang matanggap ang Kanyang pangangalaga at pag-iingat; ito ay dahil Siya'y iginagalang nilang lahat sa kanilang mga puso. Ang lihim sa tagumpay ng lahat ng kanilang paglilingkod ay walang iba kundi paggalang. Kaya, ano ang katulad ninyong lahat ngayong mga araw na ito? Mayroon ba kayong anumang pagkakatulad sa mga tao ng Israel? Iniisip mo bang ang paglilingkod sa mga araw na ito ay gaya ng pagsunod sa pamumuno ng isang dakilang espirituwal na tao? Sadyang wala kayong anumang katapatan o paggalang. Tumatanggap kayo ng maraming biyaya, at katumbas ng mga saserdoteng Israelita dahil lahat kayo ay direktang naglilingkod sa Diyos. Bagama't hindi kayo pumapasok sa templo, ang natatanggap ninyo at ang nakikita ninyo ay higit na mas marami kaysa mga natanggap ng mga saserdoteng naglingkod kay Jehova sa templo. Subalit, naghihimagsik kayo at lumalaban nang mas maraming ulit kaysa ginawa nila. Napakaliit ng inyong paggalang, at bilang resulta, tumatanggap kayo ng kakarampot na biyaya. Bagama't napakaliit ng inilalaan ninyo, nakatanggap na kayo ng higit na mas marami kaysa mga Israelitang iyon. Sa lahat ng ito, hindi ba kayo pinakikitunguhan nang may kabaitan? Habang ginagawa ang gawain sa Israel, hindi nangahas ang mga taong hatulan si Jehova kung paano nila gusto. Ngunit, paano kayo? Kung hindi lamang alang-alang sa gawaing kasalukuyan Kong ginagawa upang lupigin kayo, paano Ko matitiis ang napakapangahas na pagdadala ninyo ng kahihiyan sa Aking pangalan? Kung ang kapanahunan kung kailan kayo nabubuhay ay ang Kapanahunan ng Kautusan, dahil sa inyong mga salita at kilos, wala ni isa sa inyo ang mananatiling buhay. Napakaliit ng paggalang ninyo! Palagi ninyong isinisisi sa Akin kung bakit hindi kayo napagkalooban ng malaking pagtatangi, at sinasabi pa ninyo na hindi Ko kayo binibigyan ng sapat na mga salita ng pagpapala, at na mga sumpa lamang ang mayroon Ako para sa inyo. Hindi ba ninyo alam na dahil kakatiting ang inyong paggalang sa Akin ay imposibleng tumanggap kayo ng Aking mga pagpapala? Hindi ba ninyo alam na palagi Kong isinusumpa at hinahatulan kayo dahil sa kaawa-awang kalagayan ng inyong paglilingkod? Nararamdaman ba ninyong lahat na nagawan kayo ng hindi mabuti? Paano Ko maigagawad ang mga pagpapala Ko sa isang pangkat ng mga taong mapanghimagsik at hindi nagpapasakop? Paano Ko basta maigagawad ang biyaya Ko sa mga taong sumisira sa dangal ng Aking pangalan? Napakitunguhan na kayo nang may napakalaking kabaitan. Kung naging kasingmapanghimagsik ninyo ngayon ang mga Israelita, nilipol Ko na sana sila noon pa. Subalit, pinakikitunguhan Ko kayo nang may walang anuman kundi kaluwagan. Hindi ba ito kabaitan? Nagnanais ba kayo ng higit na mga pagpapala kaysa rito? Pinagpapala lamang ni Jehova yaong mga gumagalang sa Kanya. Kinakastigo Niya ang mga taong naghihimagsik laban sa Kanya, hindi kailanman pinapatawad ni isa sa kanila. Kayo bang

mga tao ngayon, na hindi alam kung paano maglingkod, ay hindi mas nangangailangan ng pagkastigo at paghatol, upang ganap na mabago ang mga puso ninyo? Hindi ba't ang ganoong pagkastigo at paghatol ang pinakamagagandang uri ng mga pagpapala na ipagkaloob sa inyo? Hindi ba't ang mga ito ang pinakamainam ninyong proteksyon? Kung wala ang mga ito, mayroon ba sa inyo na makakayang tiisin ang sumusunog na apoy ni Jehova? Kung kaya ninyo talagang maglingkod nang kasingtapat ng mga Israelita, hindi ba ninyo palaging magiging kasama ang biyaya? Hindi rin ba kayo palaging magkakaroon ng kaligayahan at sapat na pagtatangi? Alam ba ninyong lahat kung paano kayo dapat maglingkod?

Ang hinihingi sa inyo ngayon—magtulungan nang may pagkakaisa—ay katulad ng paglilingkod na hiningi ni Jehova sa mga Israelita: Kung hindi, tumigil na lang kayo sa paglilingkod. Dahil kayo ay mga taong tuwirang naglilingkod sa Diyos, kailangan ay mayroon man lang kayong kakayahang maging tapat at magpasakop sa inyong paglilingkod, at kailangan din kayong matuto ng mga aral sa praktikal na paraan. Lalo na para sa inyo na gumagawa sa iglesia, mangangahas ba ang sinuman sa mga kapatid na nakakababa sa inyo na iwasto kayo? Mangangahas ba ang sinuman na sabihin sa inyo nang harapan ang mga pagkakamali ninyo? Nakatataas kayo sa lahat ng iba pa; namumuno nga kayo bilang mga hari! Ni hindi nga kayo nag-aaral o pumapasok sa ganitong mga uri ng praktikal na mga aral, subalit nagsasalita pa rin kayo tungkol sa paglilingkod sa Diyos! Sa kasalukuyan, hinihilingan kang mamuno sa ilang iglesia, ngunit hindi mo lamang hindi isinusuko ang iyong sarili, kundi kumakapit ka pa sa sarili mong mga haka-haka at opinyon, na nagsasabi ng mga bagay na gaya ng, “Sa tingin ko dapat gawin ang bagay na ito sa ganitong paraan, dahil sinabi na ng Diyos na hindi tayo dapat pigilan ng iba at na sa mga panahong ito ay hindi tayo dapat magpasakop nang pikit-mata.” Samakatuwid, bawat isa sa inyo ay kumakapit sa sarili ninyong opinyon, at walang sinumang sumusunod sa isa't isa. Bagama't malinaw ninyong alam na hindi sumusulong ang inyong paglilingkod, sinasabi pa rin ninyo, “Sa nakikita ko, hindi nalalayo ang paraan ko sa nararapat. Ano't anuman, may panig ang bawat isa sa atin: Magsalita ka tungkol sa panig mo, at magsasalita ako tungkol sa akin; magbahagi ka tungkol sa mga pangitain mo, at magsasalita ako tungkol sa aking pagpasok.” Hindi ninyo kailanman inaako ang responsibilidad para sa maraming bagay na dapat iwasto, o sadyang hinahayaan lamang ninyo, ibinubulalas lamang ng bawat isa sa inyo ang sarili ninyong mga opinyon at maingat na pinoprotektahan ang sarili ninyong katayuan, reputasyon, at kahihyan. Walang sinuman sa inyo ang handang magpakumbaba, at alinmang panig ay hindi magkukusang isuko ang sarili at magpuno sa mga pagkukulang ng isa't isa upang mas mabilis na umunlad ang buhay. Kapag sama-sama kayong nag-uugnayan, dapat kayong matutong maghangad ng katotohanan. Maaari ninyong sabihing, “Hindi malinaw ang pagkaunawa ko sa aspetong ito ng katotohanan. Ano ang karanasan mo rito?” O, maaari mong sabihing, “Mas marami kang karanasan kaysa sa akin sa aspetong ito; maaari mo ba akong gabayan nang kaunti?” Hindi ba iyon magandang

paraan ng pagtrato roon? Nakinig na kayo sa maraming sermon, at may kaunting karanasan sa paglilingkod. Kung hindi kayo natututo sa isa't isa, nagtutulungan, at nagpupuno sa mga pagkukulang ng isa't isa kapag gumagawa kayo ng gawain sa mga iglesia, paano kayo matututo ng mga aral? Tuwing may nakakaharap kayong anuman, dapat kayong magbahaginan sa isa't isa upang makinabang ang buhay ninyo. Bukod pa roon, dapat kayong magbahaginang mabuti tungkol sa lahat ng uri ng bagay bago gumawa ng anumang mga desisyon. Sa paggawa lamang nito kayo umaako ng responsibilidad para sa iglesia sa halip na kumilos lang nang walang interes. Matapos ninyong bisitahin ang lahat ng iglesia, dapat kayong magtipun-tipon at magbahaginan tungkol sa lahat ng isyung natutuklasan ninyo at anumang mga problemang naranasan ninyo sa inyong gawain, at pagkatapos ay dapat kayong mag-usap-usap tungkol sa kaliwanagan at pagtanglaw na inyong natanggap—kailangang-kailangan ang pagsasagawang ito ng paglilingkod. Kailangan kayong magtulungan nang maayos para sa layunin ng gawain ng Diyos, para sa kapakinabangan ng iglesia, at upang hikayating sumulong ang inyong mga kapatid. Dapat kayong makipag-ugnayan sa isa't isa, na bawat isa'y sinusugan ang iba at humahantong sa mas magandang resulta ng gawain, upang maalagaan ang kalooban ng Diyos. Ito ang tunay na pagtutulungan, at ang mga gumagawa lamang nito ang magtatamo ng tunay na pagpasok. Habang nagtutulungan, maaaring hindi naaangkop ang ilan sa mga salitang sinasabi mo, ngunit hindi iyon mahalaga. Magbahaginan kayo tungkol doon kalaunan, at magtamo ng malinaw na pagkaunawa rito; huwag itong kaligtaan. Pagkatapos ng ganitong uri ng pagbabahaginan, mapupunan ninyo ang mga pagkukulang ng inyong mga kapatid. Kapag mas nilaliman ninyo nang ganito ang pagkilos sa inyong gawain, at saka kayo magtatamo ng mas magagandang resulta. Bawat isa sa inyo, bilang mga taong naglilingkod sa Diyos, ay kailangang maipagtanggol ang mga interes ng iglesia sa lahat ng inyong ginagawa, sa halip na isipin lamang ang sarili ninyong mga interes. Hindi katanggap-tanggap na kumilos nang mag-isa, na sinisiraan ang bawat isa. Ang mga taong gayon ang ugali ay hindi angkop na maglingkod sa Diyos! Ang gayong mga tao ay may napakasamang disposisyon; wala sila ni katiting na pagkamakatao. Siyento por siyentong Satanas ang mga iyon! Mga hayop sila! Kahit ngayon, nangyayari pa rin sa inyo ang gayong mga bagay; inaatake pa ninyo ang isa't isa kapag nagbabahaginan kayo, at sadyang naghahanap ng mga dahilan at namumula ang buong mukha habang pinagtatalunan ninyo ang isang maliit na bagay, ayaw kalimutan ng sinuman sa inyo ang inyong sarili, ikinukubli sa isa't isa ang mga iniisip nila, masusing pinanonood ang kabilang panig at laging nakahanda. Angkop bang maglingkod sa Diyos ang ganitong uri ng disposisyon? Kaya ba ng gawaing tulad ng sa iyo na tustusan ng anuman ang iyong mga kapatid? Hindi mo lamang hindi nagagabayan ang mga tao patungo sa tamang landas ng buhay, kundi ikinikintal mo pa ang sarili mong mga tiwaling disposisyon sa iyong mga kapatid. Hindi mo ba sinasaktan ang iba? Ang sama-sama at bulok na bulok ng konsiyensya mo! Hindi ka pumapasok sa realidad, ni hindi mo isinasagawa ang katotohanan. Dagdag pa riyan, hindi ka na nahiyang ipakita

sa iba ang iyong likas na kademonyohan. Hindi ka talaga marunong mahiya! Ipinagkatiwala na sa iyo ang mga kapatid na ito, subalit dinadala mo sila sa impiyerno. Hindi ka ba isang taong bulok na ang konsiyensya? Wala ka talagang hiya!

Ang Pagpapataas ng Antas ng Kakayahan ay Alang-alang sa Pagtanggap ng Pagliligtas ng Diyos

Ang ibig sabihin ng taasan ang antas ng kakayahan ng mga tao ay kinakailangan ninyong paghusayin ang inyong kakayahang umunawa, upang maunawaan ninyo ang mga salita ng Diyos, at malaman ninyo kung paano isagawa ang mga ito. Ito ang pinakapangunahing pangangailangan sa lahat. Kung susundin ninyo Ako nang hindi nauunawaan ang Aking sinasabi, hindi ba magulo ang inyong pananampalataya? Gaano man karaming salita ang Aking binibigkas, kung hindi ninyo iyon magagawa, kung medyo hindi ninyo maunawaan ang mga ito anuman ang sabihin Ko, nangangahulugan ito na kulang ang inyong kakayahan. Kung wala kayong kakayahang umunawa, wala kayong mauunawaan sa sinasabi Ko, kaya napakahirap matamo ang hinahangad na epekto; marami akong hindi masabi sa inyo nang diretsahan, at hindi makakamtan ang epektong nilayon nito, kaya kinakailangang dagdagan ang gawain. Dahil kulang na kulang ang inyong kakayahang makaunawa, ang inyong kakayahang maunawaan ang mga bagay-bagay, at ang mga pamantayang sinusunod ninyo sa buhay, kailangang maisagawa ang “pagpapataas ng antas ng kakayahan” sa inyo. Hindi ito maiiwasan, at walang alternatibo. Sa gayon lamang maaaring magkaroon ng kaunting epekto; kung hindi, lahat ng salitang Aking sinasabi ay mawawalan ng saysay. At hindi ba kayo maaalalang lahat sa kasaysayan bilang mga makasalanan? Hindi ba kayo magiging mga hamak na tao sa lupa? Hindi ba ninyo alam kung anong gawain ang isinasagawa sa inyo, at kung ano ang kinakailangan sa inyo? Kailangan ninyong malaman ang inyong sariling kakayahan: Ni hindi man lang ito tumutugon sa Aking mga kinakailangan. At hindi ba nito inaantala ang Aking gawain? Batay sa inyong kasalukuyang kakayahan at pag-uugali, walang sinuman sa inyo ang angkop na magpatotoo sa Akin, ni walang sinuman sa inyo ang handang balikatin ang mabibigat na responsibilidad ng Aking gawain sa hinaharap. Hindi ba kayo labis na nahihiya? Kung magpapatuloy kayo nang ganito, paano ninyo mapapalugod ang Aking kalooban? Dapat mong gawing makabuluhan ang iyong buhay. Huwag mong hayaang lumipas ang panahon nang walang kapararakan—walang halaga ang paggawa niyon. Dapat mong malaman kung ano ang dapat mong taglayin. Huwag mong isiping alam mong gawin ang lahat—marami ka pang dapat malaman! Ano pa ang maaaring sabihin kung wala ka kahit ng pinakamaliit na sentido komun ng sangkatauhan? Hindi ba walang kabuluhang lahat iyan? At tungkol naman sa pagkatao at kakayahang hinihiling Ko, walang isa man sa inyo ang lubos na karapat-dapat.

Napakahirap makahanap ng isang taong akmang kasangkapanin. Naniniwala kayo na kaya ninyong gumawa ng mas dakilang gawain para sa Akin, at maipagkakatiwala sa inyo ang mas dakilang mga bagay mula sa Akin; sa katunayan, ni hindi ninyo alam kung paano pumasok sa marami sa mga aral na nasa harapan ninyo mismo—kaya paano kayo posibleng makapasok sa mas malalalim na katotohanan? Ang inyong pagpasok ay dapat gawin sa paisa-isang hakbang at paunti-unti. Kailangan ay hindi ito magulo—hindi maganda iyan. Magsimula sa pinakamababaw na pagpasok: Basahin ang mga salitang ito nang paisa-isang linya hanggang sa maunawaan at malinawan ninyo ang mga ito. Kapag binabasa ninyo ang mga salita ng Diyos, huwag lamang itong pasadahan nang mabilis na para bang humahanga kayo sa mga bulaklak habang humahagibis kayong sakay ng kabayo, at huwag lamang gumawa nang pakunwari. Maaari mo ring basahin nang regular ang ilang sangguniang aklat (gaya ng mga aklat sa gramatika o retorika) para maragdagan ang iyong kaalaman. Huwag magbasa ng mga aklat na gaya ng mga nobela ng pag-ibig, mga talambuhay ng mga dakilang tao, o yaong tungkol sa agham na panlipunan; walang pakinabang ang mga ito, at magdudulot lamang ng kapinsalaan. Kailangan mong alamin nang lubusan ang lahat ng dapat mong pasukin at unawain. Ang layunin ng pagtataas ng antas ng kakayahan ng mga tao ay upang bigyan sila ng kamalayan tungkol sa sarili nilang katayuan at halaga. Dapat mong maunawaan kung bakit kailangang patuloy na sikapin ng mga tao na matamo ang katotohanan sa paniniwala sa Diyos, at kung katanggap-tanggap ba na hindi itaas ng mga tao ang antas ng kanilang kakayahan. Mahalaga na manatili kayong edukado; huwag ninyo itong sayangin! Kailangan ninyong maunawaan kung bakit kailangang itaas ang antas ng kakayahan ng mga tao, kung paano ito mapapataas, at aling mga aspeto ang papasukin. Kailangan ninyong maunawaan ang kabuluhan ng magsabuhay ng normal na pagkatao, kung bakit kailangang gawin ang gawaing ito, at ang bahaging dapat gampanan ng tao. Halimbawa, sa pagiging edukado, dapat ninyong maunawaan kung aling mga aspeto ang dapat pag-aralan, at kung paano dapat pumasok ang isang tao sa mga ito. Dapat ninyong malamang lahat kung ano ang layunin ng pagiging edukado. Hindi ba para maunawaan ang mga salita ng Diyos at pumasok sa katotohanan? Ano ang nananaig sa lahat ng iglesia ngayon? Dahil hinihikayat ninyong turuan ng mga tao ang kanilang sarili, nalilimutan nila ang pagtatamasa ng mga salita ng Diyos, at wala silang ginagawa sa buong maghapon kundi mag-aral. Kung hihilingin ninyo na isabuhay nila ang normal na pagkatao, aasikasuhin lamang nila ang paglilinis ng kanilang bahay, pagluluto, o pagbili ng mga kagamitan sa pagluluto. Sa mga bagay na ito sila magtutuon; hindi pa nga nila malalaman kung paano mamuhay nang karaniwang buhay-iglesia. Kung matagpuan mo ang iyong sarili sa kasalukuyang sitwasyon, nalihis ka na sa iyong pagsasagawa. Kung gayon bakit ka hinihilingang pumasok sa espirituwal na buhay? Hindi ka magkakaroon ng kakayahang matupad ang hinihiling sa iyo sa pagkatuto lamang ng mga bagay na iyon. Pagpasok sa buhay pa rin ang pinakamahalaga; samantala, ginagawa ang gawaing ito para malutas ang mga paghihirap na nakakaharap ng mga

tao sa kanilang mga karanasan. Ang pagpapataas ng iyong kakayahan ay nagbibigay sa iyo ng kaalaman tungkol sa likas na pagkatao at diwa ng tao, na ang pangunahing layunin ay para lumago ang espirituwal na buhay ng mga tao at magbago ang kanilang disposisyon. Maaaring alam mo kung paano magbihis nang maganda at pagandahin ang sarili mo, maaaring matalino ka at marunong, subalit sa huli, pagdating ng araw na papasok ka sa trabaho, hindi ka makakapasok. Gayon mo dapat malaman kung ano rin ang dapat gawin habang itinataas mo ang antas ng iyong kakayahan. Ang layunin ay baguhin ka; pandagdag lang ang pagpapataas ng antas ng iyong kakayahan. Hindi puwedeng hindi tumaas ang antas ng iyong kakayahan, at kung hindi magbago ang iyong disposisyon, mas malala pa iyon. Hindi puwedeng hindi isama ang kahit alin dito. Ang pagkakaroon ng normal na pagkatao ay hindi nangangahulugan na nagpatotoo ka nang matunog—hindi napakasimple ng hinihiling sa iyo.

Kapag napataas na ang antas ng kakayahan ng mga tao hanggang sa matamo nila ang pakiramdam at pamumuhay ng mga taong may normal na pagkatao, at nakapasok na rin sa buhay—saka lamang sila magkakaroon ng mga pagbabago at pagsaksing maibabahagi. Pagdating ng araw na magpapatotoo ka, kailangan mo ring ikuwento ang mga pagbabago sa buhay mo bilang tao, at ang kaalaman tungkol sa Diyos na nasa iyong kalooban. Ang kumbinasyon lamang ng dalawang aspetong ito ang tunay mong patotoo at ang tunay mong natamo. Hindi sapat ang magbago ang iyong panlabas na pagkatao ngunit wala kang pang-unawa sa iyong kalooban, ni hindi puwedeng mayroon kang pang-unawa at katotohanan sa iyong kalooban ngunit nakakaligtaan mong isabuhay ang iyong normal na pagkatao. Ang gawaing isinasagawa sa iyo ngayon ay hindi pakitang-tao, kundi para baguhin ka. Ang kailangan mo lamang gawin ay magtuon sa pagbabago ng iyong sarili. Hindi puwedeng magsulat at makinig ka araw-araw, nang wala ka nang ibang ginagawa sa buhay mo; dapat kang makapasok sa bawat aspeto. Dapat kang magkaroon ng normal na buhay ng isang banal. Maraming miyembrong babae na parang mabini kung manamit at miyembrong lalaki na parang maharlika o mayaman kung manamit, na lubos na nawalan ng kagandahang-asal ng mga banal. Katanggap-tanggap na itaas ng isang tao ang antas ng kanyang kakayahan—na natatamo nang hindi sinasadya. Mas katanggap-tanggap na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos—ito ang pinakamahalaga. Kung naitaas ang antas ng iyong kakayahan ngunit hindi naman ginamit dahil hindi ka kumain at uminom ng mga salita ng Diyos, hindi ba nasayang lang ang mga pagsisikap mong matuto? Kailangang pagsamahin ang dalawang aspetong ito. Bakit binabanggit ang kaalaman tungkol sa Diyos kapag tinatalakay kung ano ang kinakailangan sa iyo? Hindi ba ito para sa kapakanan ng mga resulta ng gawaing darating? Matapos kang malupig, kailangan mong magawang magpatotoo mula sa sarili mong mga karanasan. Hindi puwedeng ang iyong panlabas na kaanyuan ay may normal na pagkatao, ngunit hindi mo naipapahayag ang iyong mga karanasan. Habang mayroon kang normal na espirituwal na buhay, dapat ka ring magkamit ng normal na pagkatao, kung saan maraming aspetong darating na matututuhan

nang hindi sinasadya. Palagay mo ba kailangan ng partikular na pagsasanay ang pagwawalis ng sahig? Mas malala pang gumugol ng isang oras sa pagsasanay kung paano humawak ng chopsticks habang kumakain! Anong mga aspeto ang kabilang sa normal na pagkatao? Kabatiran, pakiramdam, konsiyensya, at pag-uugali. Kung maaari kang magkamit ng normalidad sa bawat isa sa mga aspetong ito, magiging katanggap-tanggap ang iyong pagkatao. Dapat kang maging kawangis ng isang normal na tao, at dapat kang maging kamukha ng isang nananampalataya sa Diyos. Hindi mo kailangang gumawa ng napakarami, o makibahagi sa diplomasya; kailangan mo lamang maging isang normal na tao, na may pakiramdam ng isang normal na tao, para maunawaan ang mga bagay-bagay, at makamukha man lamang ng isang normal na tao. Sapat na iyon. Lahat ng kinakailangan sa iyo ngayon ay naaayon sa iyong mga kakayahan; hindi ito pagtatangkang padapuin ang isang pato sa isang dapuan. Walang mga salita o gawaing walang kabuluhan na isasagawa sa iyo. Lahat ng kapangitang ipinahayag o ibinunyag sa iyong buhay ay kailangang maalís. Nagawa kayong tiwali ni Satanas at umaapaw sa inyo ang lason ni Satanas. Ang tanging hinihiling sa iyo ay alisin ang tiwali at napakasamang disposisyong ito. Hindi ka hinihilingang maging isang taong may mataas na ranggo, o isang sikat o dakilang tao. Walang kabuluhan iyan. Ang gawaing ginawa sa inyo ay isinasaalang-alang ang likas sa inyo. Ang hinihingi Ko sa mga tao ay itinatakda ng mga hangganan. Kung nagsasagawa ka sa paraan at tono ng pagsasalita ng mga intelektuwal, hindi ito mangyayari; hindi mo ito magagawa. Ayon sa inyong kakayahan, dapat ay magawa man lamang ninyong magsalita nang may karunungan at maingat at ipaliwanag ang mga bagay-bagay nang malinaw at nauunawaan. Iyon lamang ang kailangan para makatugon sa mga kinakailangan. Kung, kahit paano, magtamo kayo ng kabatiran at pakiramdam, puwede na iyan. Ang pinakamahalaga ngayon mismo ay itakwil ang iyong tiwali at napakasamang disposisyon. Kailangan mong itakwil ang kapangitang nakikita sa iyo. Paano ka magsasalita tungkol sa pinakadakilang pakiramdam at pinakadakilang kabatiran, kung hindi mo itatakwil ang mga ito? Maraming tao, nang makita na nagbago na ang kapanahunan, ang walang anumang kapakumbabaan o pasensya, at baka wala rin silang anumang pagmamahal o kagandahang-asal ng isang banal. Kakatwa ang ganitong mga tao! Mayroon man lamang ba silang kahit katiting na normal na pagkatao? Mayroon ba silang anumang patotoong maibabahagi? Lubos silang walang kabatiran o pakiramdam. Mangyari pa, kailangang itama ang ilang aspeto ng pagsasagawa ng mga tao na lihis at mali; ang dati nilang mahigpit na espirituwal na buhay at hindi kanais-nais na anyo, halimbawa—lahat ng ito ay kailangang baguhin. Ang pagbabago ay hindi nangangahulugan na hahayaan kang magpakasama o magpasasa sa laman, na sinasabi ang anumang naisin mo. Hindi ka dapat magsalita nang basta-basta. Ang magkaroon ng pananalita at tigas ng isang normal na tao ay ang magsalita nang may pagkakaugnay-ugnay, na sinasabing “oo” kapag “oo” ang ibig mong sabihin, at “hindi” kapag “hindi” ang ibig mong sabihin. Sabihin ang totoo at magsalita nang angkop. Huwag manloko, huwag magsinungaling. Kailangang maunawaan ang

mga limitasyong maaaring maabot ng isang normal na tao tungkol sa pagbabago ng disposisyon. Kung hindi, hindi ka makakapasok sa realidad.

Ang Kabuluhan ng Pagliligtas sa mga Inapo ni Moab

Sa dalawa hanggang tatlong taon na ito ng gawain, nakamtan na ang pangunahing dapat makamtan sa gawain ng paghatol na ginagawa sa inyo. Karamihan sa mga tao ay napakawalan na ang ilan sa mga inaasahan nila sa kanilang hinaharap at ang kanilang tadhana. Gayunpaman, kapag binabanggit na kayo ay mga inapo ni Moab, hindi ito matagalan ng marami sa inyo—ngumingiwi ang inyong mukha, tumatabingi ang inyong bibig, at nakapirmi ang inyong mga mata. Hindi talaga kayo makapaniwala na kayo ang mga inapo ni Moab. Si Moab ay itinaon sa lupaing ito pagkatapos maisumpa. Naipasa ng kanyang mga inapo ang kanyang lahi hanggang ngayon, at lahat kayo ay kanyang mga inapo. Wala Akong magagawa—sino ba ang nagsabi sa iyo na isilang sa sambahayan ni Moab? Naaawa Ako sa iyo at hindi Ko gustong mangyari iyon sa iyo, ngunit hindi mababago ng sinuman ang katotohanang ito. Isa kang inapo ni Moab, at hindi Ko masasabi na isa kang inapo ni David. Kanino ka mang inapo, isa ka pa ring nilikha, bagama't mababa ang iyong posisyon, isang nilalang na hamak ang pagsilang. Lahat ng nilikha ay kailangang maranasan ang buong gawain ng Diyos; silang lahat ang pakay ng Kanyang paglupig, at kailangang makita nilang lahat ang Kanyang matuwid na disposisyon at maranasan ang Kanyang karunungan at walang-hanggang kapangyarihan. Ngayon, isa kang inapo ni Moab, at kailangan mong tanggapin ang paghatol at pagkastigong ito; kung hindi ka naging inapo ni Moab, hindi ba kakailanganin mo ring tanggapin ang paghatol at pagkastigong ito? Tanggapin mo ito! Ang totoo, ang paggawa ngayon sa mga inapo ni Moab ay lubhang mahalaga at lubhang makabuluhan. Yamang ang gawain ay ginagawa sa inyo, napakalaki ng kabuluhan nito. Kung ang gawain ay ginawa sa mga inapo ni Ham, hindi iyon magiging makabuluhan, dahil, hindi tulad ni Moab, hindi hamak ang kanilang pagsilang. Ang mga inapo ng pangalawang anak ni Noe na si Ham ay isinumpa lamang—hindi sila nagmula sa pakikiapid. Mababa lamang ang kanilang posisyon, dahil isinumpa sila ni Noe na maging mga alipin ng mga alipin. Mababa ang kanilang posisyon, ngunit hindi mababa ang kanilang orihinal na kahalagahan. Tungkol kay Moab, alam ng mga tao na ang kanyang orihinal na posisyon ay mababa dahil isinilang siya mula sa pakikiapid. Bagama't napakataas ng posisyon ni Lot, si Moab ay nagmula kay Lot at sa kanyang anak na babae. Si Lot ay tinawag na matuwid, ngunit si Moab ay isinumpa pa rin. Mababa ang kahalagahan ni Moab at hamak ang kanyang posisyon, at kung hindi man siya isinumpa, nagmula pa rin siya sa karumihan, kaya nga iba siya kay Ham. Hindi niya kinilala si Jehova, kundi sa halip ay lumaban at naghimagsik siya laban kay Jehova—kaya nga siya nahulog sa pinakamadilim sa lahat ng lugar. Ang paggawa ngayon sa mga inapo ni Moab ay pagliligtas sa mga

nahulog sa pinakamatinding kadiliman. Bagama't sila ay isinumpa, ang Diyos ay handang magkamit ng kaluwalhatian mula sa kanila, sapagkat lahat sila noong una ay mga taong wala ang Diyos sa kanilang puso; ang mahikayat lamang yaong mga wala ang Diyos sa kanilang puso na sundin at mahalín Siya ang tunay na paglupig, at ang bunga ng gayong gawain ang lubhang mahalaga at lubhang kapani-paniwala. Ito lamang ang pagkakamit ng kaluwalhatian—ito ang kaluwalhatianang nais makamit ng Diyos sa mga huling araw. Bagama't mababa ang posisyon ng mga taong ito, tunay na itinaas sila ng Diyos dahil nagagawa na nila ngayong makamit ang gayon kadakilang pagliligtas. Ang gawaing ito ay napakamakahulugan, at sa pamamagitan ng paghatol Niya nakakamit ang mga taong ito. Hindi Niya layon na parusahan ang mga taong ito, kundi iligtas sila. Kung, sa mga huling araw, isinasagawa pa rin Niya ang gawain ng paglupig sa Israel, mawawalan ito ng kabuluhan; magkaroon man ito ng bunga, mawawalan ito ng halaga o anumang malaking kabuluhan, at hindi Siya magkakamit ng buong kaluwalhatian. Gumagawa Siya sa inyo, yaong mga nahulog sa pinakamadilim sa lahat ng lugar, yaong mga pinakaatrasado. Hindi kinikilala ng mga taong ito na may Diyos at hindi nalaman kailanman na may Diyos. Ang mga nilalang na ito ay lubhang nagawang tiwali ni Satanas kaya nalimutan na nila ang Diyos. Nabulag na sila ni Satanas at ni hindi man lang nila alam na may Diyos sa langit. Sa inyong puso, lahat kayo ay sumasamba sa mga diyos-diyosan at sumasamba kay Satanas—hindi ba kayo ang pinakahamak, ang pinakaatrasadong mga tao? Kayo ang pinakahamak sa lahat ng laman, walang anumang personal na kalayaan, at dumaranas din kayo ng mga paghihirap. Kayo rin ang mga tao sa pinakamababang antas ng lipunang ito, na wala kahit ng kalayaang manampalataya. Narito ang kabuluhan ng paggawa sa inyo. Ang paggawa sa inyo ngayon, mga inapo ni Moab, ay hindi para hiyain kayo, kundi para ihayag ang kabuluhan ng gawain. Para sa inyo, ito ay isang dakilang pagtataas. Kung ang isang tao ay may katwiran at kabatiran, sasabihin niya: “Ako ay isang inapo ni Moab, na tunay na hindi karapat-dapat na tumanggap ngayon ng ganito kadakilang pagtataas ng Diyos, o ng gayon kadakilang mga pagpapala. Sa lahat ng aking ginagawa at sinasabi, at ayon sa aking katayuan at kahalagahan, ni hindi man lang ako karapat-dapat sa gayon kadakilang mga pagpapala mula sa Diyos. Ang mga Israelita ay may dakilang pagmamahal sa Diyos, at ang biyaya na kanilang tinatamasa ay ipinagkakaloob Niya sa kanila, ngunit ang kanilang katayuan ay mas mataas kaysa sa atin. Si Abraham ay lubhang matapat kay Jehova, at si Pedro ay lubhang matapat kay Jesus—ang kanilang katapatan ay isandaang ulit na nakahihigit kaysa sa atin. Batay sa ating mga kilos, talagang hindi tayo karapat-dapat na magtamasa ng biyaya ng Diyos.” Ang pagseserbisyo ng mga taong ito sa Tsina ay hindi talaga maaaring iharap sa Diyos. Napakagulo nito; ang labis na pagtatamasa ninyo ngayon ng biyaya ng Diyos ay pagtataas lamang ng Diyos! Kailan ba ninyo hinangad ang gawain ng Diyos? Kailan ba ninyo naisakripisyo ang inyong buhay para sa Diyos? Kailan ba ninyo natalikuran kaagad ang inyong pamilya, inyong mga magulang, at inyong mga anak? Walang sinuman sa inyo ang nakapagsakripisyo

ng gayon kalaki! Kung hindi ka nailabas ng Banal na Espiritu, ilan kaya sa inyo ang nakapagsakripisyo ng lahat? Sumunod lamang kayo hanggang ngayon dahil napuwersa at napilitan kayo. Nasaan ang inyong katapatan? Nasaan ang inyong pagsunod? Batay sa inyong mga kilos, dapat ay matagal na kayong napuksa—lahat kayo ay dapat na naalis. Ano ang nagawa ninyo para magtamasa ng gayon kadakilang mga pagpapala? Ni hindi kayo karapat-dapat! Sino sa inyo ang gumawa na ng sarili nilang landas? Sino sa inyo ang nakakita mismo sa tunay na daan? Lahat kayo ay tamad, matakaw, at salbahe na puro ginhawa ang hanap! Palagay ba ninyo ay napakagaling ninyo? Ano ang ipinagmamayabang ninyo? Kahit balewalain pa na kayo ay mga inapo ni Moab, napakataas ba ng inyong kalikasan o lugar ng kapanganakan? Kahit balewalain pa na kayo ay kanyang mga inapo, hindi ba mga inapo kayong lahat ni Moab, nang buong-buo? Mababago ba ang katotohanan ng mga bagay-bagay? Salungat ba sa katotohanan ng mga bagay-bagay ang paglalantad ng inyong kalikasan ngayon? Tingnan ninyo ang inyong pagkabusabos, ang inyong buhay, at ang inyong pag-uugali—hindi ba ninyo alam na kayo ang pinakahamak sa lahat ng hamak sa sangkatauhan? Ano ang ipinagmamayabang ninyo? Tingnan ninyo ang inyong katayuan sa lipunan. Hindi ba nasa pinakamababang antas kayo? Palagay ba ninyo mali ang sinasabi Ko? Inialay ni Abraham si Isaac—ano na ang naialay ninyo? Inialay ni Job ang lahat-lahat—ano na ang naialay ninyo? Napakarami nang taong nag-alay ng kanilang buhay, nagyuko ng kanilang ulo, nagpadanak ng kanilang dugo upang hanapin ang tunay na daan. Nagawa na ba ninyo ang sakripisyong iyan? Kung ikukumpara, ni hindi man lang kayo nararapat na magtamasa ng gayon kalaking biyaya. Nasasaktan ba kayo kapag sinasabihan kayo ngayon na kayo ay mga inapo ni Moab? Huwag ninyong gaanong taasan ang tingin ninyo sa inyong sarili. Wala kang dapat ipagmayabang. Ang gayon kadakilang kaligtasan, ang gayon kadakilang biyaya ay buong layang ibinibigay sa inyo. Wala kayong naisakripisyo, subalit buong laya kayong nagtatamasa ng biyaya. Hindi ba kayo nahihya? Ang tunay na daan bang ito ay isang bagay na hinanap at natagpuan ninyo mismo? Hindi ba ang Banal na Espiritu ang pumilit sa inyo na tanggapin ito? Hindi kayo nagkaroon kailanman ng pusong naghahanap, lalong wala kayong pusong naghahanap at nasasabik sa katotohanan. Nakaupo lang kayo at nasisiyahan dito; nakamit ninyo ang katotohanang ito nang wala ni katiting na pagsisikap. Ano ang karapatan ninyong magreklamo? Palagay mo ba napakahalaga mo? Kumpara sa mga nagsakripisyo ng kanilang buhay at nagpadanak ng kanilang dugo, ano ang inirereklamo ninyo? Tama at natural lamang na puksain kayo ngayon! Wala kayong ibang pagpipilian kundi tumalima at sumunod. Talagang hindi kayo karapat-dapat! Karamihan sa inyo ay tinawag, ngunit kung hindi kayo napilitan sa inyong sitwasyon o hindi kayo natawag, lubos ninyong aayawan ang lumabas. Sino ang handang gumawa ng gayong pagtalikod? Sino ang handang iwan ang mga kasiyahan ng laman? Kayong lahat ay mga taong buong-kasakimang nagpapasasa sa kaginhawahan at naghahangad ng marangyang buhay! Nagkamit kayo ng napakadakilang mga pagpapala—ano pa ang masasabi ninyo? Ano

ang mga reklamo ninyo? Tinulutan na kayong matamasa ang pinakadakilang mga pagpapala at pinakadakilang biyaya sa langit, at ngayon ay inihahayag sa inyo ang gawaing hindi pa nagawa sa lupa kailanman. Hindi ba ito isang pagpapala? Kinakastigo kayo nang ganito ngayon dahil lumaban at naghimagsik kayo laban sa Diyos. Dahil sa pagkastigong ito, nakita na ninyo ang awa at pagmamahal ng Diyos, at nakita na rin ninyo ang Kanyang katuwiran at kabanalan. Dahil sa pagkastigong ito at dahil sa karumihan ng sangkatauhan, nakita na ninyo ang dakilang kapangyarihan ng Diyos, at nakita na ninyo ang Kanyang kabanalan at kadakilaan. Hindi ba ito ang pinakapambihira sa mga katotohanan? Hindi ba ito isang buhay na may kahulugan? Ang gawaing ginagawa ng Diyos ay puno ng kahulugan! Kaya, mas mababa ang inyong posisyon, mas pinatutunayan nito na itinataas kayo ng Diyos, at mas pinatutunayan nito ang malaking kahalagahan ng Kanyang gawain sa inyo ngayon. Ito ay sadyang isang kayamanang walang kasinghalaga, na hindi makukuha sa iba pang lugar! Sa pagdaan ng mga kapanahunan, walang sinumang nakapagtamasa ng gayon kadakilang kaligtasan. Ang katotohanan na mababa ang inyong posisyon ay nagpapakita kung gaano kadakila ang pagliligtas ng Diyos, at ipinapakita nito na ang Diyos ay tapat sa sangkatauhan—Siya ay nagliligtas, hindi namumuksa.

Ang mga tao sa Tsina ay hindi kailanman naniwala sa Diyos; hindi nila napaglingkuran si Jehova kailanman, at hindi napaglingkuran si Jesus kailanman. Sunud-sunuran lamang sila, nagsusunog ng insenso, nagsusunog ng papel na joss, at sumasamba kay Buddha. Sumasamba lamang sila sa mga diyos-diyosan—napakasuwail nilang lahat. Kaya, kapag mas mababa ang posisyon ng mga tao, mas nagpapakita ito na ang nakakamit ng Diyos mula sa inyo ay higit pang kaluwalhatian. Maaaring sabihin ng ilan, mula sa kanilang pananaw: “Diyos ko, ano ang gawaing Iyong ginagawa? Isang napakarangal na Diyos, isang napakabanal na Diyos na katulad Mo ang nagpupunta sa isang maruming lupain? Napakaliit ba ng palagay Mo sa Iyong sarili? Napakarumi namin, ngunit handa Kang makasama kami? Handa Kang mamuhay sa piling namin? Napakababa ng aming posisyon, ngunit handa Kang gawin kaming ganap? At gagamitin Mo kaming mga huwaran at uliran?” Sinasabi Ko: Hindi mo nauunawaan ang Aking kalooban. Hindi mo nauunawaan ang gawaing nais Kong gawin ni nauunawaan ang Aking disposisyon. Ang kabuluhan ng gawaing Aking gagawin ay hindi mo kayang matamo. Maaari bang umayon ang Aking gawain sa iyong mga kuru-kurong pantao? Ayon sa mga kuru-kuro ng tao, kailangan Akong maisilang sa isang magandang bansa upang ipakita na nagmula Ako sa mataas na katayuan, upang ipakita na malaki ang Aking kahalagahan, upang ipakita ang Aking karangalan, kabanalan, at kadakilaan. Kung naisilang Ako sa isang lugar na nakikilala Ako, sa isang pamilyang nabibilang sa mataas na lipunan, at kung mataas ang Aking posisyon at katayuan, tatratuhin Ako nang napakaayos. Hindi iyan makakabuti sa Aking gawain, at ihahayag pa rin kaya ang gayon kadakilang kaligtasan kung nangyari iyon? Lahat ng nakakakita sa Akin ay susundin Ako, at hindi sila madurungisan ng dumi. Dapat naisilang Ako sa ganitong klaseng lugar. Iyan

ang inyong pinaniniwalaan. Ngunit isipin ninyo ito: Pumarito ba ang Diyos sa lupa para masiyahan, o para gumawa? Kung gumawa Ako sa gayon kadali at komportableng lugar, matatamo Ko kaya ang Aking buong kaluwalhatian? Makakaya Ko kayang lupigin ang lahat ng Aking nilikha? Nang pumarito ang Diyos sa lupa, hindi Siya kabilang sa mundo, at hindi Siya naging tao upang masiyahan sa mundo. Ang lugar kung saan ipapakita ng paggawa ang Kanyang disposisyon at magiging pinakamakahulugan ay ang lugar kung saan Siya isinilang. Banal man o marumi ang lupain, at saan man Siya gumagawa, Siya ay banal. Lahat ng bagay sa mundo ay nilikha Niya, bagama't lahat ay nagawa nang tiwali ni Satanas. Gayunpaman, lahat ng bagay ay pag-aari pa rin Niya; nasa mga kamay Niya ang lahat ng iyon. Pumupunta Siya sa isang maruming lupain at gumagawa roon upang ihayag ang Kanyang kabanalan; ginagawa lamang Niya ito alang-alang sa Kanyang gawain, na ibig sabihin ay tinitii Siya ang malaking kahihyan upang gawin ang gayong gawain upang iligtas ang mga tao ng maruming lupaing ito. Ginagawa ito upang magpatotoo, para sa kapakanan ng buong sangkatauhan. Ang ipinapakita sa mga tao ng gayong gawain ay ang katuwiran ng Diyos, at mas naipapakita nito ang pangingibabaw ng Diyos. Ang Kanyang kadakilaan at pagkamatuwid ay nakikita sa pagliligtas ng isang grupo ng hamak na mga tao na nililibak ng iba. Ang maisilang sa isang maruming lupain ay ni hindi man lang nagpapatunay na Siya ay hamak; tinutulutan lamang nitong makita ng lahat ng nilikha ang Kanyang kadakilaan at Kanyang tunay na pagmamahal para sa sangkatauhan. Habang mas ginagawa Niya ito, mas inihahayag nito ang Kanyang dalisay na pagmamahal, ang Kanyang perpektong pagmamahal sa tao. Ang Diyos ay banal at matuwid. Kahit isinilang Siya sa isang maruming lupain, at kahit kapiling Niya sa buhay ang mga taong iyon na puno ng karumihan, gaya noong namuhay si Jesus sa piling ng mga makasalan sa Kapanahunan ng Biyaya, hindi ba ginawa ang Kanyang buong gawain upang manatiling buhay ang buong sangkatauhan? Hindi ba lahat ng iyon ay upang magtamo ng dakilang kaligtasan ang sangkatauhan? Dalawang libong taon na ang nakararaan, namuhay Siya sa piling ng mga makasalan sa loob ng ilang taon. Iyon ay alang-alang sa pagtubos. Ngayon, namumuhay Siya sa piling ng isang grupo ng marurumi at hamak na mga tao. Ito ay alang-alang sa kaligtasan. Hindi ba para sa kapakanan ninyong mga tao ang Kanyang buong gawain? Kung hindi para iligtas ang sangkatauhan, bakit Siya nabuhay at nagdusa kasama ng mga makasalan sa loob ng napakaraming taon pagkatapos maisilang sa isang sabsaban? At kung hindi para iligtas ang sangkatauhan, bakit Siya magbabalik sa katawang-tao sa ikalawang pagkakataon, isisilang sa lupaing ito kung saan nagtitipon ang mga demonyo, at mamumuhay sa piling ng mga taong ito na lubhang nagawang tiwali ni Satanas? Hindi ba tapat ang Diyos? Anong bahagi ng Kanyang gawain ang hindi naging para sa sangkatauhan? Anong bahagi ang hindi naging para sa inyong tadhana? Ang Diyos ay banal—hindi iyan mababago! Hindi Siya narungisan ng dumi, bagama't pumunta Siya sa isang maruming lupain; lahat ng ito ay maaari lamang mangahulugan na ang pagmamahal ng Diyos sa sangkatauhan ay lubhang hindi makasarili at ang pagdurusa at kahihiyang Kanyang

tinitiis ay napakatindi! Hindi ba ninyo alam kung gaano kalaking kahihyan ang Kanyang dinaranas, para sa inyong lahat at para sa inyong tadhana? Sa halip na iligtas ang mga dakilang tao o ang mga anak ng mayaman at makapangyarihang mga pamilya, tinitiyak Niyang iligtas yaong mga hamak at minamaliit ng iba. Hindi ba lahat ng ito ay Kanyang kabanalan? Hindi ba lahat ng ito ay Kanyang katuwiran? Para manatiling buhay ang buong sangkatauhan, mas gusto pa Niyang maisilang sa isang maruming lupain at magdusa ng lahat ng kahihyan. Ang Diyos ay tunay na tunay—wala Siyang ginagawang huwad na gawain. Hindi ba ginagawa ang bawat yugto ng Kanyang gawain sa napakapraktikal na paraan? Kahit sinisiraan Siya ng lahat ng tao at sinasabi na nauupo Siya sa hapag na kasama ang mga makasalanan, kahit iniinsulto Siya ng lahat ng tao at sinasabi na namumuhay Siya sa piling ng mga anak ng karumihan, na namumuhay Siya sa piling ng pinakahamak sa lahat ng tao, iniaalay pa rin Niya nang buong-buo ang Kanyang Sarili, at sa gayo'y tinatanggi pa rin Siya ng sangkatauhan. Hindi ba mas matindi ang pagdurusang Kanyang tinitiis kaysa sa inyo? Hindi ba mas malaki ang gawaing Kanyang ginagawa kaysa sa halagang inyong naibayad? Kayo ay isinilang sa isang lupain ng karumihan, subalit nakamit ninyo ang kabanalan ng Diyos. Isinilang kayo sa isang lupain kung saan nagtitipon ang mga demonyo, subalit labis kayong naprotektahan. Ano pa ang pagpipilian ninyo? Ano ang inirereklamo ninyo? Hindi ba mas matindi ang pagdurusang Kanyang natiis kaysa sa pagdurusang natiis ninyo? Naparito Siya sa lupa at hindi nagtamasa kailanman ng mga kasiyahan ng tao sa mundo. Kinasusuklanan Niya ang gayong mga bagay. Hindi pumarito ang Diyos sa lupa upang magtamasa ng mga materyal na bagay na bigay ng tao, ni upang masiyahan sa pagkain, damit, at mga palamuti ng tao. Hindi Niya pinapansin ang mga bagay na ito. Naparito Siya sa lupa upang magdusa para sa tao, hindi para magtamasa ng makamundong kayamanan. Naparito Siya upang magdusa, gumawa, at tapusin ang Kanyang plano ng pamamahala. Hindi Siya pumili ng isang magandang lugar, tumira sa isang embahada o isang magarang hotel, at wala rin Siyang mga katulong na magsisilbi sa Kanya. Batay sa inyong nakita, hindi ba ninyo alam kung naparito Siya upang gumawa o masiyahan? Hindi ba nakikita ng inyong mga mata? Gaano ba ang naibigay Niya sa inyo? Kung Siya ay naisilang sa isang komportableng lugar, magagawa kaya Niyang magtamo ng kaluwalhatian? Makakagawa ba Siya? Magkakaroon kaya ng anumang kabuluhan ang paggawa Niya noon? Malulupig kaya Niya nang lubusan ang sangkatauhan? Masasagip kaya Niya ang mga tao mula sa lupain ng karumihan? Itinatanong ng mga tao, ayon sa kanilang mga kuru-kuro: “Yamang ang Diyos ay banal, bakit Siya isinilang dito sa aming maruming lugar? Napopoot at nasusuklam Ka sa amin na maruruming tao; nasusuklam Ka sa aming paglaban at aming pagkasuwail, kaya bakit Ka namumuhay sa piling namin? Ikaw ay isang kataas-taasang Diyos. Maaari Kang isilang kahit saan, kaya bakit Mo kinailangang maisilang sa maruming lupaing ito? Kinakastigo at hinahatulan Mo kami araw-araw, at alam na alam Mo na kami ay mga inapo ni Moab, kaya bakit namumuhay Ka pa rin sa piling namin? Bakit Ka isinilang sa isang pamilya ng mga inapo ni Moab?

Bakit Mo ginawa iyon?” Ang mga iniisip ninyong ito ay lubos na wala sa katwiran! Ang gayong gawain lamang ang nagtutulot sa mga tao na makita ang Kanyang kadakilaan, ang Kanyang kapakumbabaan at pagiging tago. Handa Siyang isakripisyo ang lahat alang-alang sa Kanyang gawain, at napagtiisan Niya ang lahat ng pagdurusa para sa Kanyang gawain. Kumikilos Siya para sa kapakanan ng sangkatauhan, at higit pa ryan, para lupigin si Satanas, upang lahat ng nilalang ay magpasakop sa ilalim ng Kanyang kapamahalaan. Ito lamang ang makahulugan at mahalagang gawain. Kung naisilang ang mga inapo ni Jacob sa Tsina, sa piraso ng lupaing ito, at sila ay kayong lahat, ano ang magiging kabuluhan ng gawaing ginagawa sa inyo? Ano ang sasabihin ni Satanas? Sasabihin ni Satanas: “Dati ay takot sila sa Iyo, nasunod Ka nila sa simula pa lamang, at hindi Ka nila ipinagkanulo kailanman. Hindi sila ang pinakamadilim, pinakaaba, o pinakaatrasado sa sangkatauhan.” Kung ginawa nga ang gawain sa ganitong paraan, sino ang makukumbinsi nito? Sa buong sansinukob, ang mga Tsino ang pinakaatrasadong mga tao. Isinilang silang hamak, na may mababang integridad; mapurol ang kanilang isipan at manhid sila, at bastos at masama. Lubog sila sa napakasasamang disposisyon, marurumi at mahahalay. Taglay ninyo ang lahat ng napakasamang disposisyong ito. Kapag natapos na ang gawaing ito, iwawaksi ng mga tao ang mga tiwaling disposisyong ito at magagawa nilang lubos na sumunod at magagawa silang ganap. Ang gayong mga bunga lamang ng gawain ang patotoo sa loob ng paglikha! Nauunawaan mo ba kung ano ang patotoo? Paano ba talaga dapat magpatotoo? Ang klaseng ito ng gawain ay nagawa kayong mga panghambingan at mga bagay na gumagawa ng serbisyo; higit pa ryan, nagawa kayo nitong mga pakay ng pagliligtas. Ngayon, kayo ay mga tao ng Diyos; kalaunan kayo ay magiging mga huwaran at uliran. Sa gawaing ito, gumaganap kayo ng iba-ibang papel, at, sa huli, kayo ay magiging mga pakay ng pagliligtas. Maraming tao ang negatibo dahil dito; hindi ba sila lubos na bulag? Wala kang nakikitang malinaw! Matawag ka lamang nang ganito ay nagigimbal ka na? Nauunawaan mo ba kung ano ang matuwid na disposisyon ng Diyos? Nauunawaan mo ba kung ano ang pagliligtas ng Diyos? Nauunawaan mo ba kung ano ang pagmamahal ng Diyos? Wala kang integridad! Kapag maganda ang pagtukoy sa iyo, masaya ka. Kapag masama ang pagtukoy sa iyo, ayaw mo at umuurong ka. Ano ka ba? Hindi mo hinahanap ang tunay na daan! Itigil mo na agad ang paghahanap—nakakahiya iyan! Hindi ba tanda iyan ng kahihyan, na nadaraig ka ng isang napakaliit na bagay?

Mas makakabuting matuto ka na kilalanin nang kaunti ang iyong sarili. Huwag mong isiping napakataas mo, at huwag mong pangaraping makapunta sa langit—masunurin mo lamang na hangaring malupig ka sa lupa. Huwag mong isipin yaong mga di-makatotohanang pangarap na hindi umiiral. Kung may isang taong nagsasabi ng tulad ng sumusunod, ito ay mga salita ng isang taong may determinasyon at katatagan: “Kahit ako ay isang inapo ni Moab, handa akong magpunyagi para sa Diyos. Tatalikuran ko ang aking matandang ninuno! Isinilang niya ako at tinapakan ako, at hanggang ngayon ay nabubuhay ako sa kadiliman. Ngayon, pinalaya na ako ng Diyos, at sa wakas ay

nakita ko na ang araw sa langit. Sa pamamagitan ng paglalantad ng Diyos, nakita ko rin sa wakas na ako ay isang inapo ni Moab. Dati-rati, nabubulagan ako, at hindi ko alam na napakarami nang nagawa ng Diyos, sapagkat nabulag ako ng matandang Satanas na iyon. Tatalikuran ko iyon at lubos iyong hihiyain!” Kaya, may gayon ba kayong determinasyon? Sa kabila ng katotohanan na bawat isa sa inyo ay mukhang tao, mas mabilis kayong manghina kaysa kaninuman, at kayo ang pinakasensitibo sa bagay na ito. Sa sandaling mabanggit na kayo ang mga inapo ni Moab, ngumingiwi agad ang bibig ninyo sa pagsimangot. Hindi ba ito ang disposisyon ng isang baboy? Wala kayong halaga. Isasakripisyo ninyo ang inyong buhay para sumikat at yumaman! Maaari mong naising hindi maging isang inapo ni Moab, ngunit hindi ba inapo ka nga niya? Sinasabi Ko ngayon na inapo ka niya, at kailangan mong tanggapin ito. Hindi Ako nagsasalita ng salungat sa katunayan. Negatibo ang ilang tao dahil dito, ngunit ano ba ang dapat mong ipagnegatibo? Hindi ba anak ka rin ng malaking pulang dragon? Hindi ba makatarungang sabihin na ikaw ay isang inapo ni Moab? Tingnan mo kung ano ang isinasabuhay mo, ang nasasaloob mo at ang ipinapakita mo. Mula ulo mo hanggang paa, walang kapuri-puri. Kahalayan, karumihan, kabulagan, paglaban, pagkasuwail—hindi ba lahat ng ito ay bahagi ng iyong disposisyon? Lagi kang nabubuhay sa isang lupain ng kahalayan, at gumagawa ng lahat ng kasamaan. Ipinapalagay mo na napakabanal mo. Tingnan mo ang mga bagay na nagawa mo, at labis ka pa ring nasisiyahan sa iyong sarili. Ano ang nagawa mo na kapuri-puri? Para kayong mga halimaw. Wala kayong pagkatao. Nakikisama kayo sa mga hayop at nabubuhay kayo sa gitna ng masasama at mahahalay na ideya. Gaano kalaki ang inyong kakulangan? Sumasang-ayon kayo na kayo ang mga anak ng malaking pulang dragon, at handa kayong gumawa ng serbisyo, ngunit kalaunan, kapag sinabing ikaw ay inapo ni Moab, nagiging negatibo ka. Hindi ba ito ang totoo? Gaya lamang iyan noong ipanganak ka sa iyong ama at ina—gaano man sila kasama, ipinanganak ka pa rin sa kanila. Kahit makahanap ka pa ng aampon sa iyo at lisanin mo ang inyong tahanan, hindi ba anak ka pa rin ng iyong orihinal na mga magulang? Mababago ba ang katotohanang iyan? Tinawag ba kitang inapo ni Moab nang walang dahilan? Sinasabi ng ilang tao: “Maaari Mo bang ibahin ang tawag Mo sa akin?” Sinasabi Ko: “Paano kung tawagin kitang isang hambingan?” Ayaw rin nilang maging mga hambingan. Kaya, ano ang gusto mong itawag sa iyo? Mga hambingan, mga tagapagsilbi—hindi ba ganyan naman kayo? Ano pa ang pipiliin mo? Hindi ka ba isang taong isinilang sa bansa ng malaking pulang dragon? Paano mo man sabihin na ikaw ay anak ni David, hindi iyon naaayon sa mga katunayan. Isang bagay ba ito na pinipili mo para sa iyong sarili? Makakapili ka ba ng anumang magandang pangalang gusto mo para sa iyong sarili? Hindi ba kayong mga tiwaling tao ang binanggit na mga anak ng malaking pulang dragon? Patungkol naman sa mga tagapagsilbi—hindi ba sila ay kayo ring mga tiwaling tao? Ang binanggit na mga uliran at huwaran ng pagiging nalupig—hindi ba kayo rin sila? Hindi ba binabanggit ang landas ng pagpeperpekto para sa inyo? Yaong mga kinastigo at hinatulan ay kayo; hindi ba ang ilan sa inyo ay yaong

mga gagawing perpekto kalaunan? Mahalaga pa rin ba ang titulong ito? Masyado kayong walang katwiran; hindi man lamang ba ninyo makita nang malinaw ang gayon kaliit na bagay? Hindi mo alam kung sino ang inapo nino, ngunit malinaw sa Akin iyan, at sinasabi Ko sa inyo. Ayos lang na makilala ito ngayon. Huwag mong hamakin palagi ang iyong sarili. Kapag mas negatibo ka at umuurong, mas pinatutunayan niyan na inapo ka ni Satanas. May ilang nagsasabi, kapag sinabihan mo silang makinig ng mga himno: “Maaari bang makinig sa mga himno ang mga inapo ni Moab? Hindi ako makikinig; hindi ako kwalipikado!” Kung pakakantahin mo sila, sasabihin nila: “Kung kakanta ang mga inapo ni Moab, handa bang makinig ang Diyos? Kinasusuklaman ako ng Diyos. Hiyang-hiya akong humarap sa Diyos at hindi ako makakapagpatotoo para sa Kanya. Hindi na lang ako kakanta, dahil baka mainis ang Diyos kapag narinig Niya ito.” Hindi ba negatibong paraan ito ng pagharap dito? Bilang isang nilalang, isinilang ka sa isang lupain ng kahalayan, at isa kang anak ng malaking pulang dragon, isang inapo ni Moab; dapat mong talikuran ang iyong matandang ninuno at talikuran ang matandang Satanas. Ang isang taong gumagawa nito lamang ang tunay na nagnanais sa Diyos.

Sa simula, nang ibigay Ko sa inyo ang posisyong mga tao ng Diyos, nagtatalon kayo, na mas malaki ang katuwaan kaysa iba. Subalit noong sandaling sabihin Ko na kayo ang mga inapo ni Moab, ano ang nangyari sa inyo? Nanghina kayong lahat! Nasaan ang inyong tayog? Ang inyong konsepto ng posisyon ay napakatindi! Karamihan sa mga tao ay hindi maitaas ang kanilang sarili. Ang ilan ay nagnenegosyo, at ang ilan ay nagtatrabaho. Noong sandaling sabihin Ko na kayo ang mga inapo ni Moab, nais ninyong lahat na tumakbo palayo. Ito ba ang pagpapatotoo ninyo sa Diyos, na ipinagsisigawan ninyo sa buong maghapon? Makukumbinsi ba si Satanas sa ganitong paraan? Hindi ba ito isang tanda ng kahihiyan? Ano ang pakinabang ng makamtan kayo? Basura kayong lahat! Anong klaseng pagdurusa ang natiis ninyo para makaramdam na lubha kayong nagawan ng mali? Iniisip ninyo na kapag napahirapan na kayo ng Diyos nang kaunti, magiging masaya na Siya, na para bang pumarito Siya na layon kayong parusahan, at matapos kayong parusahan at puksain, matatapos na ang Kanyang gawain. Iyan ba ang sinabi Ko? Hindi ba ninyo iniisip na dahil ito sa inyong kabulagan? Dahil ba kayo mismo ay hindi nagsisikap na gumawa ng mabuti, o plano Kong parusahan kayo? Hindi Ko nagawa iyon kailanman—isang bagay lamang iyan na naisip ninyo. Kailanman ay hindi naging ganyan ang Aking paggawa, ni wala Akong ganyang layunin. Kung talagang nais Kong puksain kayo, kakailanganin Ko bang magdusa nang gayon katindi? Kung talagang nais Kong puksain kayo, kakailanganin Ko ba kayong kausapin nang napakasigasig? Ito ang Aking kalooban: Kapag nailigtas Ko na kayo, saka lamang Ako makakapahinga. Kapag mas hamak ang tao, mas nagiging pakay sila ng Aking pagliligtas. Kapag mas aktibo ninyong nagagawang makapasok, mas sasaya Ako. Kapag mas nanghihina kayo, mas nababalisa Ako. Gusto ninyo palaging lumakad nang buong yabang at maghari—sinasabi Ko sa inyo, hindi iyan ang landas ng pagliligtas sa inyo mula sa karumihan. Ang pantasyang maghari ay hindi kayo magagawang perpekto; hindi

makatotohanan iyan. Sinasabi Ko na ikaw ay isang inapo ni Moab, at hindi ka masaya. Sinasabi mo: “Kung papupuntahin Mo ako sa walang hanggang hukay, hindi ako magpapatotoo para sa Iyo o magdurusa para sa Iyo.” Hindi ba pagsalungat sa Akin ang paggawa mo nito? Makikinabang ka ba sa paggawa nito? Nabigyan na kita ng napakalaking biyaya—nalimutan mo na ba? Tinanggihan at pinahiya mo na ang puso ng Diyos, na tulad ng sa isang mapagmahal na ina; ano ang mga ibubunga nito sa iyo? Hindi kita pipilitin kung hindi ka nagpapatotoo para sa Akin—ngunit dapat mong malaman na magiging puntirya ka ng pagkawasak sa huli. Kung wala Akong matatamong patotoo sa iyo, matatamo Ko iyon sa ibang mga tao. Walang halaga sa Akin iyan, ngunit sa huli, pagsisisihan mo ito, at sa oras na iyon, matagal ka nang nahulog sa kadiliman. Sa gayo’y sino ang makapagliligtas sa iyo? Huwag mong isiping hindi magagawa ang gawain nang wala ka—hindi malaking bagay ang makasama ka, at hindi rin malaking kawalan ang mawala ka. Huwag mong masyadong ikarantal ang iyong sarili. Kung ayaw mong sumunod sa Akin, ipinapakita niyan na suwail ka, at walang anumang kanais-nais sa iyo. Kung mahusay kang magsalita, hindi ba dahil lamang iyan sa nasangkapan mo ang iyong sarili ng mga salitang nadala Ko sa pamamagitan ng Aking gawain? Ano ang nasa iyo na kapuri-puri? Huwag kang padala sa iyong imahinasyon! Kung hindi Ako magtatamo ng kaluwalhatian mula sa inyo na mga inapo ni Moab, pipili Ako ng ikalawa at ikatlong grupo ng mga inapo ni Moab para sa Aking gawain hanggang sa magtamo Ako ng kaluwalhatian. Kung ayaw mong magpatotoo para sa Akin, umalis ka! Hindi kita pipilitin! Huwag ninyong isipin na hindi Ako makakakilos nang wala kayo. Ang paghahanap ng akmang mga pakay para sa Aking gawain sa lupaing ito ng Tsina ay walang kahirap-hirap. Wala nang ibang matatagpuan sa lupaing ito—talagang nasa buong paligid ang marumi at tiwaling mga tao, at ang Aking gawain ay magagawa kahit saan. Huwag kang masyadong magmalaki! Gaano ka man kayabang, hindi ba anak ka pa ring nagmula sa pakikiapid? Tingnan mo ang iyong kahalagahan—ano pa ang ibang pagpipilian mo? Ang pagtutulot lamang na mabuhay ka ay isang malaking pagtataas, kaya ano pa rin ba ang maaari mong ipagmayabang? Kung hindi dahil sa Aking gawaing wakasan ang kapanahunan, hindi ba matagal ka na sanang nahulog sa gitna ng mga kalamidad na dulot ng kalikasan at gawa ng tao? Maaari ka pa rin bang mamuhay nang napakakomportable? Lagi ka pa ring nakikipagtalo tungkol sa bagay na ito. Mula nang sinabi Ko na isa kang inapo ni Moab, lagi ka nang nakasimangot. Hindi ka nag-aaral, hindi ka nagbabasa ng mga salita ng Diyos, at hindi ka makatagal na makita si ganito o ganoon. Kapag nakikita mo ang ibang mga tao na nag-aaral, ginagambala mo sila at sinasabihan ng mga bagay na nakapanghihina ng loob. Ang lakas ng loob mo! Sinasabi mo: “Ano ba ang mapag-aaralan ng mga inapo ni Moab? Hindi na ako mag-aabala.” Hindi ba ito isang bagay na sasabihin ng isang halimaw? Maituturing ka man lamang ba na isang tao? Marami na Akong nasabi, ngunit wala itong naging epekto sa iyo. Nasayang lang ba ang lahat ng gawaing ito na ginawa Ko? Nasayang lang ba ang lahat ng mga salitang ito na sinabi Ko? Kahit aso ay magwawagwag ng buntot; ni hindi

kasimbait ng aso ang ganyang tao! Nararapat ka bang matawag na tao? Kapag binabanggit ko ang mga inapo ni Moab, sadyang hinamahak ng ilang tao ang kanilang sarili. Iba ang kanilang pananamit kaysa rati at hindi sila nag-aayos ng sarili kaya hindi sila mukhang tao, at bumubulong sila: “Inapo ako ni Moab, wala akong kuwenta. Nangangarap lamang ako nang gising sa pag-iisip na magtatamo ako ng anumang mga pagpapala. Maaari bang magawang perpekto ang mga inapo ni Moab?” Sa sandaling banggitin Ko ang mga inapo ni Moab, karamihan sa mga tao ay wala nang pag-asa; sinasabi nila: “Sabi ng Diyos, mga inapo kami ni Moab—ano ba ang ipinahihiwatig niyan? Tingnan ninyo ang tono ng boses Niya—hindi iyan mababawi! Walang pagmamahal sa Kanyang mga salita. Hindi ba tayo mga puntirya ng pagwasak?” Nalimutan mo na ba ang sinabi noon? Ang katagang “mga inapo ni Moab” na lamang ang naaalala mo ngayon? Sa katotohanan, layon ng maraming salita na magkaroon ng epekto, ngunit ibinubunyag din ng mga iyon ang katotohanan ng mga tunay na nangyari. Hindi naniniwala rito ang karamihan sa mga tao. Hindi ka handang magdusa nang labis para sa Akin. Natatakot ka sa kamatayan at gusto mo palaging tumakas. Kung gusto mong umalis, hindi kita pipiliting manatili, ngunit kailangan Kong malinaw na sabihin ito sa iyo: Huwag mong sayangin ang buong buhay mo, at huwag mong kalimutan ang mga bagay na nasabi Ko na sa iyo noon. Bilang isang nilikha, dapat mong gampanan ang tungkulin ng isang nilikha. Huwag kang kumilos nang laban sa iyong konsiyensya; ang dapat mong gawin ay ialay ang iyong sarili sa Panginoon ng paglikha. Ang mga inapo ni Moab ay mga nilikha rin, kaya nga lamang ay mga panghambing sila, at isinumpa. Ano’t anuman, isa ka pa ring nilikha. Hindi ka nalalayo kung sasabihin mo ito: “Kahit inapo ako ni Moab, lubos akong nagtamasa ng biyaya ng Diyos kaya kailangan kong magkaroon ng kaunting konsiyensya. Kikilalanin ko lamang ito ngunit hindi ako mag-aalala tungkol dito. Kahit magdusa pa ako sa loob ng daloy na ito, magdurusa ako hanggang sa wakas, at kung ako ay inapo ni Moab, hayaan na iyon. Susunod pa rin ako hanggang wakas!” Kailangan mong sumunod hanggang wakas. Kung tatakbo ka palayo, wala ka talagang maaasahan—nakatapak ka na sa landas ng pagkawasak.

Makakabuting ipaunawa sa inyo ang inyong pinagmulan, at ipaunawa sa inyo na ang tunay na katotohanan ay kapaki-pakinabang sa gawain. Kung hindi, ang kalalabasang nais na makamit ay hindi makakamtan. Ito ay isang bahagi ng gawain ng paglupig, at ito ay isang mahalagang hakbang sa gawain. Totoo iyan. Layon ng gawaing ito na pukawin ang espiritu ng mga tao, gisingin ang diwa ng kanilang konsiyensya at tulutan silang matamo ang dakilang kaligtasang ito. Kung may konsiyensya ang tao, mas kailangan nilang pasalamatan ang Diyos kapag nakikita nila na mababa ang kanilang posisyon. Kailangan nilang hawakan sa magkabilang kamay ang Kanyang mga salita, hawakan nang mahigpit ang biyayang naibigay Niya sa kanila, at tumangis pa nang buong kapaitan at sabihing: “Mababa ang ating posisyon at wala tayong natamo sa mundo. Walang tumitingala sa atin na mga hamak na tao. Inuusig tayo sa ating tahanan, tinatanggihan tayo ng ating asawang lalaki, nilalait tayo

ng ating maybahay, hinahamak tayo ng ating mga anak, at pagtanda natin, tatratuhin din tayo nang masama ng ating mga manugang na babae. Talagang hindi lamang kakaunti ang naging pagdurusa natin, at napakapalad nating magtamasa ngayon ng dakilang pagmamahal ng Diyos! Kung hindi tayo iniligtas ng Diyos, paano natin malilinawan ang pagdurusa ng tao? Hindi ba mabubulok pa rin tayo sa kasalanang ito? Hindi ba ito pagtataas sa atin ng Diyos? Isa ako sa pinakahamak na mga tao, at naitaas ako ng Diyos nang napakataas. Kahit mapuksa ako, kailangan ko pa ring suklian ang Kanyang pagmamahal. Mataas ang palagay ng Diyos sa atin at kinakausap Niya tayo, na napakahamak na mga tao, nang harapan. Hinahawakan Niya ako sa kamay upang turuan ako. Gamit ang Kanyang bibig, pinapakain Niya ako. Nabubuhay Siya sa aking piling at nagdurusang kasama ko. Kahit kinakastigo Niya ako—ano ang masasabi ko? Hindi ba ang makastigo ay ang maitaas din ng Diyos? Kinakastigo ako subalit nakikita ko ang Kanyang katuwiran. Hindi ako maaaring mawalan ng konsiyensya—kailangan kong suklian ang pagmamahal ng Diyos. Hindi ako maaaring maghimagsik pa laban sa Diyos.” Ang posisyon ng Diyos at ang Kanyang katayuan ay hindi kapareho ng sa mga tao—ang Kanyang pagdurusa ay kapareho, at ang Kanyang pagkain at mga damit ay kapareho, ngunit iginagalang Siya ng lahat ng tao, at ito lamang ang pagkakaiba. Hindi ba lahat ng tinatamasa Niya ay kapareho ng sa tao? Kaya, ano ang karapatan ninyong hilingin sa Diyos na tratuhin kayo sa isang paraan? Nagtiis na ang Diyos ng napakatinding pagdurusa at nakagawa ng napakadakilang gawain, at kayo—na mas mababa pa sa mga langgam, mas mababa pa sa mga surot—ay naitaas na nang napakataas ngayon. Kung hindi mo kayang suklian ang pagmamahal ng Diyos, nasaan ang iyong konsiyensya? Taos-pusong sinasabi ng ilan: “Tuwing iniisip kong tumalikod sa Diyos, napupuno ng luha ang aking mga mata at inuusig ako ng aking konsiyensya. May pagkakautang ako sa Diyos. Hindi ko kayang gawin ito. Hindi ko Siya maaaring tratuhin nang ganito. Kung mamamatay ako at ang pagkamatay ko ay magbibigay ng kaluwalhatian sa Kanyang gawain, labis-labis akong makokontento. Kung hindi, kahit mabuhay pa ako, hindi ako mapapayapa.” Pakinggan ang mga salitang ito—ipinaliliwanag ng mga ito ang tungkuling dapat gampanan ng isang nilalang. Kung palaging ganito ang pananaw ng isang tao sa kanyang kalooban, magiging malinaw at maginhawa ang kanyang kalooban; makatitiyak siya sa mga bagay na ito. Sasabihin mo: “Hindi ako sinasaktan ng Diyos, at hindi Niya ako sadyang pinagtatawanan o pinahihiya. Bagama’t medyo masakit Siyang magsalita at tumitimo sa puso, para iyon sa aking sariling kapakanan. Bagama’t napakasakit Niyang magsalita, inililigtas pa rin Niya ako, at isinasaalang-alang pa rin Niya ang aking mga kahinaan. Hindi Siya gumagamit ng mga katotohanan upang parusahan ako. Naniniwala ako na ang Diyos ay kaligtasan.” Kung totoong mayroon kang ganitong pananaw, malamang na hindi ka tumakas. Hindi ka pakakawalan ng iyong konsiyensya, at ang pagkondena nito ay magsasabi sa iyo na hindi mo dapat tratuhin ang Diyos sa gayong paraan. Iniisip mo ang lahat ng biyayang iyong nakamtan. Napakarami mo nang narinig sa Aking mga salita—maaari

bang nasayang lang ang pakikinig mo sa mga iyon? Sinuman ang lumayas, hindi mo kayang gawin iyon. Hindi naniniwala ang ibang mga tao, ngunit kailangan mong maniwala. Tinatalikdan ng ibang mga tao ang Diyos, ngunit kailangan mong manindigan sa Diyos at magpatotoo sa Kanya. Sinisiraan ng iba ang Diyos, ngunit hindi mo kayang gawin iyon. Gaano man kalupit ang Diyos sa iyo, kailangan mo pa rin Siyang pakitunguhan nang tama. Dapat mong suklian ang Kanyang pagmamahal, at kailangang magkaroon ka ng konsiyensya, dahil ang Diyos ay walang sala. Dumanas na Siya ng malaking kahihyan sa pagparito sa lupa mula sa langit upang gumawa sa sangkatauhan. Siya ay banal at wala ni katiting na karumihan. Sa pagparito sa isang lupain ng karumihan, gaano kalaking kahihyan ang Kanyang natiis? Gumagawa Siya sa inyo para sa inyong kapakanan. Kung tatrathin ninyo Siya nang walang konsiyensya, mas mabuti pang mamatay nang maaga!

Sa ngayon, karamihan sa mga tao ay nagkukulang sa ganitong aspeto ng pananaw; lubos nilang hindi maarok ang gawaing ito at hindi alam kung ano ang nais makamtan ng Diyos dito. Lalo na yaong mga nalilito—para silang nakapasok sa isang lugar na maraming pasikut-sikot at naligaw matapos lumiko nang ilang beses. Kung lubusan mong ipaliliwanag sa kanila ang layon ng plano ng pamamahala ng Diyos, hindi sila malilito. Maraming tao ang hindi makaarok dito, at naniniwala sila na ang gawain ng Diyos ay ang pahirapan ang mga tao. Hindi nila nauunawaan ang karunungan at pagiging kamangha-mangha ng Kanyang gawain, at hindi nila nauunawaan na ang Kanyang gawain ay ang ihayag ang Kanyang dakilang kapangyarihan, at, higit pa ryan, ang iligtas ang sangkatauhan. Hindi nila nakikita ang lahat ng iyan; nakikita lamang nila kung mayroon silang anumang maaasahan, kung makakapasok sila sa langit. Sinasabi nila: “Ang gawain ng Diyos ay laging masyadong pasikut-sikot; makakabuting ipakita Mo sa amin nang tuwiran ang Iyong karunungan. Hindi Mo kami dapat pahirapan nang ganito. Kulang na kulang kami sa kakayahan, at hindi namin nauunawaan ang Iyong kalooban. Makakabuti kung magsasalita at kikilos Ka nang tuwiran. Gusto Mo kaming pahulain, ngunit hindi namin kaya. Makakabuti kung magmamadali Ka at tutulutan Mo kaming makita ang Iyong kaluwalhatian. Bakit kailangang gawin ang mga bagay-bagay nang lubhang pasikut-sikot?” Ang walang-wala kayo ngayon ay konsiyensya. Dagdagan ang inyong konsiyensya. Imulat nang husto ang inyong mga mata, upang makita kung sino talaga ang gumagawa ng mga hakbang ng gawaing ito. Huwag kayong mabilis humusga. Ngayon, ang pinakamaganda, may naunawaan ka nang mababaw na aspeto ng paraan ng pamumuhay na dapat mong maranasan. Marami pang katotohanang dapat mong maranasan, at kapag dumating ang araw na lubusan mo na itong nauunawaan, hindi ka na magsasalita nang ganyan, ni magrereklamo. Hindi ka rin magiging mabilis sa pagpapaliwanag ng mga bagay-bagay. Sasabihin mo: “Napakarunong ng Diyos, napakabanal ng Diyos, napakamakapangyarihan ng Diyos!”

Ang mga Karanasan ni Pedro: Ang Kanyang Kaalaman sa Pagkastigo at Paghatol

Noong siya ay kinakastigo ng Diyos, nanalangin si Pedro, “O Diyos! Ang aking laman ay masuwayin, at kinakastigo Mo ako at hinahatulan ako. Ako ay nagagalak sa Iyong pagkastigo at paghatol, at kahit hindi Mo ako nais, sa Iyong paghatol ay nakikita ko ang Iyong banal at matuwid na disposisyon. Kapag hinahatulan Mo ako, upang makita ng iba ang Iyong matuwid na disposisyon sa Iyong paghatol, ako ay nasisiyahan. Kung maipapahayag nito ang Iyong disposisyon at mapahihintulutan ang Iyong matuwid na disposisyon na makita ng lahat ng nilalang, at kung gagawin nitong mas dalisay ang aking pagmamahal sa Iyo, upang maging kawangis ko ang isang matuwid, ang paghatol Mo ay mabuti, sapagkat gayon ang Iyong mapagpalang kalooban. Batid ko na puno pa rin ako ng panghihimagsik, at na ako ay hindi pa rin nararapat na lumapit sa harap Mo. Nais kong ako ay mas hatulan Mo pa, sa pamamagitan man ng isang malupit na kapaligiran o matitinding kapighatian. Anuman ang ginagawa Mo, para sa akin ito ay napakahalaga. Ang Iyong pag-ibig ay napakalalim, at handa akong ilagay ang aking sarili sa Iyong pagsasaayos nang walang munti mang pagdaing.” Ito ang kaalaman ni Pedro pagkatapos niyang maranasan ang gawain ng Diyos, at ito rin ay isang patotoo sa kanyang pag-ibig sa Diyos. Ngayon, kayo ay nalupig na—ngunit sa paanong paraan naihayag ang pagkalupig na ito sa inyo? May ilang taong nagsasabi na, “Ang paglupig sa akin ay ang pinakamataas na biyaya at pagpaparangal ng Diyos. Ngayon ko lamang napagtanto na ang buhay ng tao ay walang saysay at walang halaga. Ginugugol ng tao ang kanyang buhay sa pagmamadali, pamumunga at pagpapalaki ng sunod-sunod na mga henerasyon ng mga bata, at sa huli ay walang matitira sa kanya. Ngayon, matapos lupigin ng Diyos, saka ko lamang nakita na walang kabuluhan ang pamumuhay sa ganitong pamamaraan. Ito ay tunay na walang kabuluhang buhay. Mabuti pang mamatay na ako at nang matapos na ito!” Ang ganito bang mga tao na nalupig ay makakamit ng Diyos? Sila ba ay maaaring maging halimbawa at huwaran? Ang ganitong mga tao ay mga aral sa kawalan ng pakialam. Wala silang mga hangarin, at hindi nagsusumikap na mapabuti ang kanilang mga sarili. Bagaman sila ay nabibilang sa nalupig, ang ganitong mga tao na walang-pakialam ay hindi makakayanang gawing perpekto. Noong malapit na siyang mamatay, matapos siyang gawing perpekto, sinabi ni Pedro, “O Diyos! Kung ako ay mabubuhay ng ilan pang mga taon, nais kong magkaroon ng mas higit na dalisay at higit na malalim na pag-ibig sa Iyo.” Noong siya ay ipapako na sa krus, nanalangin siya sa kanyang puso, “O Diyos! Ang Iyong panahon ay dumating na ngayon, ang panahong Iyong inihanda para sa akin ay dumating na. Ako ay dapat na maipako sa krus para sa Iyo, dapat akong magpatotoo nito sa Iyo, at umaasa ako na ang aking pag-ibig ay makatutugon sa Iyong mga pamantayan, at na ito ay mas higit pang magiging dalisay. Ngayon, ang mamatay para sa Iyo, at maipako sa krus para sa Iyo, ay nagbibigay kaginhawahan at katiyakan sa akin, sapagkat wala nang higit pang kasiya-siya sa akin

kaysa sa mapako sa krus para sa Iyo at matugunan ang Iyong mga nais, at maibigay ang aking sarili sa Iyo, maialay ang aking buhay sa Iyo. O Diyos! Ikaw ay lubhang kaibig-ibig! Kung pahihintulutan Mo akong mabuhay, lalo pa akong magiging handang ibigin Ka. Habang ako ay nabubuhay, iibigin Kita. Nais kong ibigin Ka pa nang higit na malalim. Hinahatulan Mo ako, at kinakastigo at sinusubukan dahil ako ay hindi matuwid, dahil ako ay nagkasala. At ang Iyong matuwid na disposisyon ay nagiging higit na maliwanag sa akin. Ito ay isang pagpapala sa akin, sapagkat nagagawa kong ibigin Ka nang higit na malalim, at handa akong ibigin Ka sa ganitong paraan kahit na hindi Mo ako iniibig. Handa akong makita ang Iyong matuwid na disposisyon, sapagkat mas nagkakaroon ako ng kakayahan upang isabuhay ang isang makabuluhang buhay. Nararamdaman ko na ang pamumuhay ko ngayon ay higit na may kabuluhan, sapagkat ipinapako ako sa krus para sa Iyong kapakanan, at makabuluhan ang mamatay para sa Iyo. Gayon pa man hindi pa rin ako nakakaramdam ng kasiyahan, sapagkat lubhang kakaunti ang nalalaman ko tungkol sa Iyo, batid ko na hindi ko ganap na matutupad ang Iyong mga nais, at kakaunti lamang ang napagbayaran ko sa Iyo. Sa aking buhay, hindi ko nakayang ibigay ang buong sarili ko sa Iyo. Malayo pa ako roon. Habang lumilingon ako sa sandaling ito, nararamdaman ko ang lubhang pagkakautang ko sa Iyo, at ang sandaling ito lamang ang mayroon ako upang makabawi sa lahat ng pagkakamali ko at lahat ng pag-ibig na hindi ko naibalik sa Iyo.”

Dapat sikapin ng tao na isabuhay ang isang makabuluhang buhay, at hindi dapat masiyahan na lamang sa kanyang kasalukuyang mga kalagayan. Upang maisabuhay ang imahe ni Pedro, dapat niyang taglayin ang kaalaman at mga karanasan ni Pedro. Dapat pagsikapan ng tao ang mga bagay na mas matatayog at mas malalalim. Dapat niyang pagsikapan ang isang mas malalim, mas dalisay na pagmamahal sa Diyos, at isang buhay na may kabuluhan at kahulugan. Ito lamang ang buhay, sa ganito lamang magiging katulad ng tao si Pedro. Dapat kang tumuon sa pagiging maagap tungo sa iyong pagpasok sa positibong panig, at huwag basta na lang hayaan ang iyong sarili na dumaosdos pabalik para sa pagkakaroon ng panandaliang ginhawa habang binabalewala ang mas malalim, mas tiyak, at mas praktikal na mga katotohanan. Ang iyong pag-ibig ay dapat maging praktikal, at dapat kang humanap ng mga paraan upang mapalaya ang iyong sarili mula sa masama at walang-inaalalang uri ng pamumuhay na walang pinagkaiba sa pamumuhay ng isang hayop. Dapat mong isabuhay ang isang buhay na may kahulugan, isang buhay na may kabuluhan at hindi mo dapat linlangin ang iyong sarili, o ituring ang iyong buhay na parang isang laruan na dapat paglaruan. Para sa bawat isa na naghahangad na ibigin ang Diyos, walang katotohanang hindi matatamo at walang katarungan na hindi nila mapaninindigan. Paano ka ba dapat mamuhay? Paano mo ba dapat ibigin ang Diyos, at gamitin ang pag-ibig na ito para bigyang-kasiyahan ang Kanyang kagustuhan? Walang bagay na hihigit pa sa iyong buhay. Higit sa lahat, ikaw ay dapat magkaroon ng ganitong mga hangarin at pagtitiyaga, at hindi dapat maging tulad ng mga walang gulugod, mga mahihinang nilalang. Dapat mong

matutunan kung paano maranasan ang isang makahulugang buhay, at maranasan ang makahulugang mga katotohanan, at hindi dapat ituring ang iyong sarili na walang sigla sa ganitong paraan. Ang iyong buhay ay lilipas nang hindi mo namamalayan. At pagkatapos, magkakaroon ka pa ba ng isa pang pagkakataon para ibigin ang Diyos? Maaari bang ibigin ng tao ang Diyos pagkatapos niyang bawian ng buhay? Dapat kang magkaroon ng mga hangarin at ng konsensya na katulad ng kay Pedro. Ang buhay mo ay dapat na maging makahulugan, at hindi mo dapat pinaglalaruan ang iyong sarili. Bilang isang tao, at bilang isang tao na naghahangad sa Diyos, dapat mong magawang maingat na isaalang-alang kung paano mo itinuturing ang iyong buhay, kung paano mo dapat ihandog ang iyong sarili sa Diyos, kung paano ka magkakaroon ng isang mas makabuluhang pananampalataya sa Diyos, at paano, dahil sa iniibig mo ang Diyos, dapat mo Siyang ibigin sa paraang mas dalisay, mas mainam, at mas mabuti. Sa ngayon, hindi ka maaaring masiyahan lamang sa kung paano ka nalupig, kundi dapat mo ring isaalang-alang ang daan na iyong tatahakin sa hinaharap. Dapat kang magkaroon ng mga hangarin at ng lakas ng loob upang ikaw ay magawang perpekto, at hindi mo dapat laging isipin na hindi kaya ng iyong sarili. May pinapanigan ba ang katotohanan? Kaya bang sadyain ng katotohanan ang pagsalungat sa mga tao? Kung hahangarin mo ang katotohanan, kaya ka ba nitong madaig? Kung maninindigan ka para sa katarungan, pababagsakin ka ba nito? Kung tunay ngang ang hangarin mo ay pagsikapang matamo ang buhay, kaya ka bang iwasan ng buhay? Kung wala sa iyo ang katotohanan, hindi ito dahil sa hindi ka pinapansin ng katotohanan, kundi dahil sa lumalayo ka mula sa katotohanan. Kung hindi mo kayang manindigan nang matatag para sa katarungan, hindi ito dahil sa may kamalian ang katarungan, kundi dahil sa naniniwala kang nalilihis ito sa mga katunayan. Kung hindi mo natamo ang buhay matapos mong pagsumikapang hanapin ito sa loob ng maraming taon, ito ay hindi dahil sa ang buhay ay walang konsensya ukol sa iyo, kundi dahil sa wala kang konsensya ukol sa buhay, at naitaboy mo ang buhay. Kung namumuhay ka sa liwanag, at hindi mo nakayang makamit ang liwanag, ito ay hindi dahil sa hindi nagagawa ng liwanag na liwanagan ka, kundi dahil sa hindi mo nabigyang-pansin ang pag-iral ng liwanag, kung kaya't tahimik kang nilisan ng liwanag. Kung hindi ka naghahangad, masasabi na lamang na ikaw ay walang-halagang basura, at walang lakas ng loob sa iyong pamumuhay, at hindi mo taglay ang espiritu para labanan ang mga puwersa ng kadiliman. Masyado kang mahina! Hindi mo kayang tumakas mula sa mga puwersa ni Satanas na umaatake sa iyo, at ang nais mo lamang ay magpatuloy sa ganitong uri ng ligtas at panatag na buhay at mamatay sa kamangmangan. Ang dapat mong makamit ay ang iyong pagsisikap na malupig. Ito ang iyong nakatakhang tungkulin. Kung sapat na para sa iyo ang malupig, itinatuboy mo ang pag-iral ng liwanag. Dapat kang magdusa ng paghihirap alang-alang sa katotohanan, dapat mong ibigay ang iyong sarili sa katotohanan, dapat kang magtiis ng kahihiyan para sa katotohanan, at upang higit pang makamit ang katotohanan, dapat kang sumailalim sa higit pang pagdurusa. Ito ang dapat

mong gawin. Hindi mo dapat itapon ang katotohanan alang-alang sa isang mapayapang buhay-pamilya, at hindi mo dapat iwala ang dangal at integridad ng iyong buhay para sa pansamantalang kasiyahan. Dapat mong hangarin ang lahat ng mainam at mabuti, at dapat mong hangarin ang isang landas sa buhay na higit na makahulugan. Kung namumuhay ka ng gayong mahalay na buhay, at walang hinahangad na anumang mga layunin, hindi ba't sinasayang mo ang iyong buhay? Ano ba ang iyong makakamtan mula sa ganitong pamumuhay? Dapat mong talikuran ang lahat ng kasiyahan ng laman alang-alang sa nag-iisang katotohanan, at hindi mo dapat isuko ang lahat ng katotohanan alang-alang sa isang munting kasiyahan. Ang mga ganitong tao ay walang integridad o dangal; walang kabuluhan ang kanilang pag-iral!

Kinakastigo at hinahatulan ng Diyos ang tao dahil kinakailangan ito ng Kanyang gawain, at, higit pa rito, dahil kailangan ito ng tao. Kailangan ng tao na makastigo at mahatulan, at saka lamang niya makakamit ang pagmamahal sa Diyos. Sa ngayon, kayo ay lubos na kumbinsido, ngunit kapag kayo ay napaharap sa kahit napakaliit na pagsubok ay naguguluhan na kayo. Ang inyong tayog ay napakaliit pa rin, at kailangan pa rin ninyong makaranas ng higit pang pagkastigo at paghatol para matamo ang mas malalim na kaalaman. Ngayon, kayo ay may kaunting paggalang sa Diyos, at takot kayo sa Diyos, at batid ninyong Siya ang tunay na Diyos, ngunit wala kayong dakilang pag-ibig sa Kanya, lalong hindi pa ninyo natamo ang dalisay na pag-ibig, ang inyong kaalaman ay napakababaw, at ang inyong tayog ay hindi sapat. Kapag kayo ay tunay na nakaranas ng isang kapaligiran, hindi pa kayo nagiging saksi, napakaliit sa inyong pagpasok ang maagap, at wala kayong ideya kung paano magsagawa. Karamihan ng mga tao ay walang-pakialam at hindi-kumikilos. Iniibig lamang nila nang palihim ang Diyos sa kanilang mga puso, ngunit walang paraan ng pagsasagawa, at hindi malinaw kung ano ang kanilang mga layunin. Ang mga taong nagawang perpekto ay hindi lamang may normal na pagkatao, kundi nagtataglay ng mga katotohanang nakahihigit sa mga sukat ng konsensya, na mas mataas pa kaysa mga pamantayan ng konsensya. Hindi lamang nila ginagamit ang kanilang konsensya upang masuklian ang pag-ibig ng Diyos, ngunit, higit pa rito, nakilala nila ang Diyos, at nakita nila na ang Diyos ay kaibig-ibig, at karapat-dapat ibigin ng tao, at napakaraming bagay ang kaibig-ibig sa Diyos. Walang magagawa ang tao kundi ang ibigin Siya. Ang pag-ibig sa Diyos para sa mga nagawang perpekto ay upang matupad nila ang kanilang pansariling mga hangarin. Ang kanila ay pag-ibig na kusang-loob, isang pag-ibig na hindi humihiling ng kapalit, at hindi isang transaksyon. Iniibig nila ang Diyos dahil lamang sa kanilang pagkakilala sa Kanya at wala nang iba pa. Hindi iniisip ng mga taong ito kung pagkakalooban sila ng Diyos ng mga biyaya, dahil sapat na sa kanila ang mabigyang-kasiyahan ang Diyos. Hindi sila nakikipagtawaran sa Diyos, o kaya ay nagsusukat ng kanilang pagmamahal sa Diyos sa pamamagitan ng konsensya: "Nakapagbigay Ka sa akin, kaya iniibig din Kita. Kung hindi Ka nagbibigay sa akin, wala rin akong anumang maibibigay na kapalit sa Iyo." Ang mga nagawang perpekto ay laging naniniwala na: "Ang Diyos ang Lumikha, at isinasakatuparan

Niya ang Kanyang gawain sa atin. Dahil ako ay may ganitong pagkakataon, kalagayan, at katangian upang gawing perpekto, ang pagsusumikapan kong makamit ay ang magkaroon ng isang makabuluhang buhay, at dapat na Siya ay aking mapasaya.” Katulad lamang ito ng naranasan ni Pedro: Noong siya ay hinang-hina, nanalangin siya sa Diyos at sinabing, “O Diyos! Kahit anong panahon at saan mang dako, alam Mong lagi Kitang naaalaala. Kahit anong panahon at saan mang dako, batid Mong nais Kitang ibigin, ngunit ang aking tayog ay napakaliit, ako ay masyadong mahina at walang kapangyarihan, ang aking pag-ibig ay masyadong nalilimitahan, at ang aking katapatan sa Iyo ay masyadong maliit. Kung ihahambing sa Iyong pag-ibig, hindi ako nararapat para mabuhay. Nais ko lamang hilingin na ang aking buhay ay hindi mawalan ng kabuluhan, at hindi ko lamang masusuklian ang Iyong pag-ibig, kundi, higit pa rito, maaari kong ilaan sa Iyo ang lahat-lahat nang mayroon ako. Kung mapasasaya Kita, bilang isang nilalang, magkakaroon ako ng payapang isipan at hindi na hihiling nang higit pa. Bagama’t ako ay mahina at walang kapangyarihan ngayon, hindi ko malilimutan ang Iyong mga payo, at hindi ko malilimutan ang Iyong pag-ibig. Ngayon, wala akong ginagawa kundi ang suklian ko lamang ang Iyong pag-ibig. O Diyos, ang pakiramdam ko’y lubhang masama! Paano ko maibabalik sa Iyo ang pag-ibig sa aking puso, paano ko magagawa ang lahat ng aking makakaya, at makayanang tuparin ang Iyong mga ninanais, at maihandog ang lahat ng mayroon ako sa Iyo? Alam Mo ang kahinaan ng tao. Paano nga ba ako magiging karapat-dapat sa Iyong pag-ibig? O Diyos! Alam Mong ako ay mayroong mababang tayog, at babahagya lamang ang aking pag-ibig. Paano ko magagawa ang pinakamabuting makakaya ko sa ganitong uri ng kapaligiran? Alam kong dapat kong suklian ang Iyong pag-ibig, alam kong dapat kong ibigay ang lahat ng mayroon ako sa Iyo, ngunit ngayon ay lubhang mababa ang aking tayog. Aking hinihiling na bigyan Mo ako ng lakas at katatagan, upang higit ko pang mataglay ang isang dalisay na pag-ibig na maitatalaga ko sa Iyo, at higit kong maitalaga ang lahat ng mayroon ako sa Iyo. Hindi ko lamang masusuklian ang Iyong pag-ibig, kundi lalo kong maranasan ang Iyong pagkastigo, paghatol at mga pagsubok, at kahit ang mga mas matitinding sumpa. Pinayagan Mo akong mapagmasdan ang Iyong pag-ibig, at wala akong kakayahang hindi Ka ibigin at kahit na ako ay mahina at walang lakas ngayon, paano ba Kita malilimutan? Ang Iyong pag-ibig, pagkastigo, at paghatol ay naging dahilan upang makilala Kita, ngunit ramdam ko rin na wala akong kakayahang tuparin ang Iyong pag-ibig, dahil Ikaw ay napakadakila. Paano ko ba maitatalaga ang lahat ng mayroon ako sa aking Lumikha?” Iyon ang kahilingan ni Pedro, bagaman ang kanyang tayog ay lubhang hindi-sapat. Sa sandaling ito, naramdaman niya na para bang sinaksak ng isang kutsilyo ang kanyang puso at siya ay nasa matinding paghihirap. Hindi niya batid kung ano ang dapat gawin sa ilalim ng ganoong mga kalagayan. Gayunman ay nagpatuloy siya sa pananalangin: “O Diyos! Ang tao ay kasing-tayog lamang ng bata, ang kanyang konsensya ay mahina, at ang magagawa ko lamang ay suklian ang Iyong pag-ibig. Ngayon, hindi ko alam kung paano ko matutugunan ang Iyong mga ninanasa, at ang

tanging nais ko ay magawa ang lahat ng aking makakaya, maibibigay ang lahat ng mayroon ako, at maitatalaga ang lahat ng mayroon ako sa Iyo. Anuman ang Iyong maging paghatol, anuman ang Iyong pagkastigo, anuman ang Iyong igagawad sa akin, anuman ang aalisin Mo sa akin, tulungan Mo akong huwag maghinaing ng kahit katiting sa Iyo. Maraming pagkakataon, noong ako'y kinastigo at hinatulan Mo, dumaing ako sa sarili ko, at hindi ko nakamit ang kadalisan, o natupad ang Iyong mga nais. Napipilitan lamang ang aking naging tugon sa Iyong pag-ibig, at sa sandaling ito kinamumuhian ko nang higit pa ang sarili ko." Ang paghahanap niya ng mas dalisay na pagmamahal sa Diyos ang dahilan kung bakit nanalangin si Pedro nang ganito. Siya ay naghahanap, at nakikiusap, at, higit pa, ay nagpaparatang sa kanyang sarili, at umaamin sa kanyang mga pagkakasala sa Diyos. Pakiramdam niya ay may pagkakautang siya sa Diyos, at nakaramdam siya ng pagkamuhi sa kanyang sarili, gayunman siya ay tila nalungkot din nang bahagya at walang kibo. Laging gayon ang pakiramdam niya, na parang hindi siya karapat-dapat para sa mga nais ng Diyos, at hindi niya naibigay ang lahat ng kanyang makakaya. Sa ilalim ng ganoong kalagayan, ipinagpatuloy ni Pedro ang pagsisikap na magkaroon ng pananampalatayang tulad ng kay Job. Nakita Niya kung gaano kadakila ang naging pananampalataya ni Job, sapagkat nakita ni Job na ang lahat ng pag-aari niya ay ipinagkaloob ng Diyos, at likas para sa Diyos na alisin ang lahat ng kanyang mga pag-aari, at ibigay ang mga ito ng Diyos sa kahit kanino man Niya naisin—gayon ang matuwid na disposisyon ng Diyos. Walang mga reklamo si Job, at mapupuri pa rin ang Diyos. Kilala rin ni Pedro ang sarili niya, at sa kanyang puso siya ay nanalangin, "Ngayon, hindi sapat para sa akin na gantihan ang Iyong pag-ibig gamit ang aking konsensya at kahit gaano kasidhing pag-ibig ang ibigay ko pabalik sa Iyo, dahil ang aking mga kaisipan ay lubhang tiwali, at dahil wala akong kakayahang makita Ka bilang ang Lumikha. Dahil hindi pa rin ako karapat-dapat na umibig sa Iyo, dapat kong linangin ang kakayahan na ilaan ang lahat ng mayroon ako sa Iyo, na gagawin ko nang maluwag sa kalooban. Dapat kong malaman lahat ng Iyong mga nagawa, at walang pagpipilian, at dapat kong mamasdan ang Iyong pag-ibig, at makapagsalita ako ng mga papuri sa Iyo, at parangalan ang Iyong banal na pangalan, upang Ikaw ay maaaring magkamit ng dakilang kaluwalhatian sa pamamagitan ko. Ako ay handang manindigan nang matibay sa patotoong ito sa Iyo. O Diyos! Ang Iyong pag-ibig ay ubod nang inam at halaga; paano nga ba ako magnanais na mamuhay sa kasamaan? Hindi ba ako ay Iyong ginawa? Paanong mabubuhay ako sa ilalim ng sakop ni Satanas? Pipiliin ko na ang aking buong katauhan ay mamuhay sa gitna ng Iyong pagkastigo. Hindi ako payag na mamuhay sa ilalim ng sakop ng kasamaan. Kung ako ay madadalisan, at mailalaan ang aking lahat-lahat sa Iyo, kusa kong ilalaan ang aking katawan at pag-iisip sa Iyong paghatol at pagkastigo, sapagkat kinamumuhian ko si Satanas, at hindi ko gustong mamuhay sa ilalim ng sakop nito. Sa pamamagitan ng Iyong paghatol sa akin, ipinakikita Mo ang Iyong matuwid na disposisyon; ako ay natutuwa, at hindi dumaraing kahit katiting. Kung aking magagawa ang tungkulin ng isang nilalang, handa ako na ang aking buong buhay

ay samahan ng Iyong paghatol, kung saan sa pamamagitan nito ay malalaman ko ang Iyong matuwid na disposisyon, at itatakwil sa sarili ko ang impluwensya ng kasamaan.” Lagi iyong ipinagdasal ni Pedro, laging iyon ang kanyang hinangad, at medyo naabot niya ang isang mataas na sakop. Hindi lamang niya naibalik ang pag-ibig ng Diyos, kundi, mas mahalaga, natupad rin niya ang kanyang tungkulin bilang isang nilalang. Hindi lamang sa hindi siya pinaratangan ng kanyang konsensya, kundi nalampasan din niya ang mga pamantayan ng konsensya. Patuloy na nakaabot sa harap ng Diyos ang kanyang mga dalangin, anupa’t ang kanyang mga hangarin ay mas tumaas, at mas lumalim ang kanyang pagmamahal sa Diyos. Bagaman nagdurusa siya ng matinding sakit, hindi pa rin niya nilimot na ibigin ang Diyos, at patuloy pang hinanap na makamtan ang kaunawaan sa kalooban ng Diyos. Sa kanyang mga panalangin ay binigkas niya ang sumusunod na mga salita: “Natupad ko ang hindi hihigit sa pagbabalik ng kabayaran ng Iyong pag-ibig. Hindi ako nagpatotoo sa Iyo sa harap ni Satanas, hindi napalaya ang sarili ko mula sa impluwensya ni Satanas, at nanatiling namumuhay sa gitna ng laman. Nais kong gamitin ang aking pag-ibig para madaig si Satanas, hiyain ito, at nang sa gayon ay mabigyang-kasiyahan ko ang Iyong nasa. Nais kong ibigay sa Iyo ang buong sarili ko, at hindi ibigay ni katiting man ng aking sarili kay Satanas, dahil si Satanas ay Iyong kaaway.” Kapag lalo siyang nagsisikap sa daang ito, lalo siyang naaantig, at lalong tumataas ang kanyang kaalaman sa mga bagay na ito. Lingid sa kanyang kamalayan, nabatid niyang kailangan niyang kumawala sa impluwensya ni Satanas, at dapat na lubusan siyang manumbalik sa Diyos. Iyon nga ang kinasasaklawang kanyang nakamit. Napapanaigan niya ang impluwensya ni Satanas, at inaalis sa kanyang sarili ang mga kasiyahan at mga pagtatamasa ng laman, at ginustong maranasan nang mas malalim kapwa ang pagkastigo at paghatol ng Diyos. Sinabi niya, “Kahit na ako ay nabubuhay sa gitna ng Iyong pagkastigo at sa gitna ng Iyong paghatol, gaano man ang kahirapang mararanasan, hindi pa rin ako mamumuhay sa ilalim ng sakop ni Satanas, hindi pa rin ako payag magdusa sa mga panlilinlang ni Satanas. Nalulugod ako sa pamumuhay sa gitna ng Iyong mga sumpa, at namimighati sa pamumuhay sa gitna ng mga pagpapala ni Satanas. Iniibig Kita sa pamamagitan ng pamumuhay sa gitna ng Iyong paghatol, at nagbibigay ito sa akin ng malaking kasiyahan. Ang Iyong pagkastigo at paghatol ay matuwid at banal; ito ay upang linisin ako, at higit pa ay upang iligtas ako. Mas gugustuhin kong gugulin ang aking buong buhay sa gitna ng Iyong paghatol upang mapasailalim ako sa Iyong pangangalaga. Hindi ako payag na mamuhay nang kahit isang saglit sa ilalim ng sakop ni Satanas; gusto kong malinis Mo ako; kahit na ako ay makaranas ng mga paghihirap, hindi ako payag na magamit at malinlang ni Satanas. Ako, ang nilalang na ito, ay dapat na magamit Mo, maangkin Mo, mahatulan Mo, at makastigo Mo. Dapat Mo nga rin akong sumpain. Ang aking puso ay nagsasaya kapag nalulugod Kang pagpalain ako, sapagkat nakita ko ang Iyong pag-ibig. Ikaw ay ang Lumikha, at ako ay isang nilalang: Hindi Kita dapat ipagkanulo at mamuhay sa ilalim ng sakop ni Satanas, ni dapat man akong magamit ni Satanas. Dapat akong maging kabayo

Mo o baka, sa halip na mabuhay para kay Satanas. Mas mamarapatin kong mabuhay sa gitna ng Iyong pagkastigo, walang kaligayahang pisikal, at ito ay magbibigay-kasiyahan sa akin kahit na mawalan ako ng Iyong biyaya. Bagaman ang Iyong biyaya ay wala sa akin, nagsasaya ako na Iyong makastigo at mahatulan; ito ang Iyong pinakamainam na pagpapala, ang Iyong pinakadakilang biyaya. Bagaman Ikaw ay palaging maringal at puno ng poot sa akin, hindi pa rin Kita maitatakwil, at hindi pa rin Kita maiibig nang sapat. Pipiliin kong manirahan sa Iyong tahanan, pipiliin kong maisumpa, makastigo, at mapalo Mo, at hindi nais na mamuhay sa ilalim ng sakop ni Satanas, ni hindi ko rin gusto na magmadali at gawing abala ang aking sarili para lamang sa laman, at lalong hindi ko gustong mamuhay para sa laman.” Ang pag-ibig ni Pedro ay isang dalisay na pag-ibig. Ito ang karanasan ng ginagawang perpekto, at ang pinakamataas na kinasasaklawan ng pagiging ginawang perpekto; wala nang buhay na mas makahulugan diyan. Tinanggap niya ang pagkastigo at paghatol ng Diyos, pinahalagahan niya ang matuwid na disposisyon ng Diyos, at wala nang mas nakahihigit pa ang kahalagahan para kay Pedro. Sinabi niya, “Binibigyan ako ni Satanas ng mga materyal na kasiyahan ngunit hindi ko pinahahalagahan ang mga iyon. Ang pagkastigo at paghatol ng Diyos ay dumarating sa akin—dito ako ay nabibigyan ng kagandahang-loob, dito ako ay nasisiyahan, at dito ako ay napagpala. Kung hindi dahil sa paghatol ng Diyos ay hindi ko kailan man iibigin ang Diyos, mananatili akong namumuhay sa ilalim ng sakop ni Satanas, nakokontrol at nauutusan pa rin nito. Kung gayon ang sitwasyon, hindi ako kailanman magiging isang tunay na tao, dahil hindi ko mapasasaya ang Diyos, at hindi ko mailalaan ang aking kabuuan sa Diyos. Kahit na hindi ako pinagpapala ng Diyos, iniwan akong walang kaaliwan sa loob, na para bang may nag-aapoy sa loob ko, at walang kapayapaan o kagalakan, at kahit na hindi kailanman nalalayo sa akin ang pagkastigo at pagdisiplina ng Diyos, sa pamamagitan ng pagkastigo at paghatol ng Diyos nakikita ko ang Kanyang matuwid na disposisyon. Lubos akong nasisiyahan dito; wala nang iba pang bagay ang mas mahalaga o mas makahulugan sa buhay. Kahit na ang Kanyang proteksyon at pag-aalaga ay naging walang-awang pagkastigo, paghatol, mga sumpa at pagpalo, ako ay nasisiyahan pa rin sa mga bagay na ito, sapagkat maaari nilang mas mahusay na malinis ako at mabago ako, madadala ako nang mas malapit sa Diyos, magagawa ako na higit pang nagmamahal sa Diyos, at magagawang mas dalisay ang aking pagmamahal sa Diyos. Tinutulutan ako nito na makayang tuparin ang aking tungkulin bilang isang nilalang, at dinadala ako sa harap ng Diyos at malayo sa impluwensya ni Satanas, kaya hindi na ako naglilingkod kay Satanas. Kapag hindi ako namumuhay sa ilalim ng sakop ni Satanas, at naitatalaga ko na ang lahat ng bagay na mayroon ako at lahat ng maaari kong gawin para sa Diyos, nang walang pag-aatubili—iyon ay ang sandali na ako ay ganap na nasisiyahan. Ang pagkastigo at paghatol ng Diyos ang nagligtas sa akin, at ang aking buhay ay hindi mahihiwalay mula sa pagkastigo at paghatol ng Diyos. Ang aking buhay sa lupa ay nasa ilalim ng sakop ni Satanas, anupa’t kung hindi dahil sa pangangalaga

at pag-iingat ng pagkastigo at paghatol ng Diyos, ako ay mananatiling namumuhay sa ilalim ng sakop ni Satanas, at higit pa ryan, hindi ako magkakaroon ng pagkakataon o paraan na isabuhay ang isang makahulugang buhay. Kung hindi kailanman mahihiwalay sa akin ang pagkastigo at paghatol ng Diyos ay saka lamang ako malilinis ng Diyos. Dahil lamang sa masasakit na salita at matuwid na disposisyon ng Diyos, at sa maringal na paghatol ng Diyos, ay natamo ko ang pinakamahusay na proteksiyon at namuhay ako sa liwanag, at natamo ang mga pagpapala ng Diyos. Upang malinis, at mapalaya ang aking sarili kay Satanas, at mamuhay sa ilalim ng kapamahalaan ng Diyos—ito ang pinakadakilang pagpapala sa buhay ko ngayon.” Ito ang pinakamataas na kinasasaklawan na naranasan ni Pedro.

Ito mismo ang kalagayan na dapat marating ng tao pagkatapos na siya ay magawang perpekto. Kung hindi mo kayang marating ang ganitong antas, kung gayon hindi mo magagawang isabuhay ang isang buhay na makahulugan. Ang tao ay nabubuhay sa gitna ng laman, na nangangahulugang nabubuhay siya sa isang pantaong impiyerno, at kung wala ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, ang tao ay kasingdumi ni Satanas. Paano magiging banal ang tao? Naniwala si Pedro na ang pagkastigo at paghatol ng Diyos ang pinakamabuting proteksiyon at pinakadakilang biyaya sa tao. Sa pamamagitan lamang ng pagkastigo at paghatol ng Diyos magigising ang tao at kapopootan ang laman, kamumuhian si Satanas. Ang mahigpit na pagdisiplina ng Diyos ay nagpapalaya sa tao mula sa impluwensya ni Satanas, nagpapalaya sa kanya mula sa kanyang sariling maliit na mundo, at nagtutulot sa kanyang mamuhay sa liwanag ng presensya ng Diyos. Wala nang higit na mabuting pagliligtas kaysa sa pagkastigo at paghatol! Nanalangin si Pedro, “O Diyos! Hangga’t kinakastigo Mo at hinahatulan ako, malalaman ko na hindi Mo ako iniwan. Kahit na hindi Mo ako binibigyan ng kagalakan o kapayapaan, at ginagawa akong mamuhay nang may pagdurusa, at pinagpapasan ako ng hindi-mabilang na mga pagtutuwid, hangga’t hindi Mo ako iniwan, ang puso ko ay magiging panatag. Ngayon, ang Iyong pagkastigo at paghatol ay naging pinakamabuting proteksiyon ko at pinakadakilang pagpapala. Ang ibinibigay Mong biyaya sa akin ay nag-iingat sa akin. Ang biyaya na Iyong ipinagkakaloob sa akin ngayon ay pagpapahayag ng Iyong matuwid na disposisyon, at pagkastigo at paghatol; bukod diyan, ito ay isang pagsubok, at, higit pa ryan, ito ay isang buhay ng pagdurusa.” Nakayang isantabi ni Pedro ang mga kasiyahan ng laman at hanapin ang isang mas malalim na pag-ibig at higit na pag-iingat, dahil marami siyang nakamtang biyaya mula sa pagkastigo at paghatol ng Diyos. Sa kanyang buhay, kung nais ng tao na malinis at makamtan ang mga pagbabago sa kanyang disposisyon, kung nais niya na isabuhay ang isang makabuluhang buhay, at tuparin ang kanyang tungkulin bilang isang nilalang, kung gayon dapat niyang tanggapin ang pagkastigo at paghatol ng Diyos, at hindi dapat hayaan ang pagdisiplina ng Diyos at pagpalo ng Diyos na lumisan mula sa kanya, upang maaari niyang mapalaya ang kanyang sarili mula sa pagmamaniplula at impluwensya ni Satanas, at mamuhay sa liwanag ng Diyos. Kilalanin mo na ang pagkastigo at paghatol ng Diyos ay ang liwanag, at ang

liwanag ng kaligtasan ng tao, at na walang higit na mabuting pagpapala, biyaya o pag-iingat para sa tao. Ang tao ay nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ni Satanas, at umiiral sa laman; kung hindi siya nalilinis at hindi nakatatanggap ng pag-iingat ng Diyos, kung gayon ang tao ay lalo kailanmang magiging higit na masama. Kung nais niyang ibigin ang Diyos, kung gayon dapat siyang malinis at maligtas. Nanalangin si Pedro, “Diyos ko, kapag pinakikitunguhan Mo ako nang may-kabaitan ako ay nalulugod, at nagiginhawahan; kapag kinakastigo Mo ako, nakadarama ako ng higit pang kaginhawahan at kagalakan. Bagaman ako ay mahina, at nagbabata ng di-mabigkas na pagdurusa, bagaman mayroong mga luha at kalungkutan, batid Mo na ang kalungkutan ito ay dahil sa aking pagkamasuwayin, at dahil sa aking kahinaan. Tumatangis ako dahil hindi ko natutugunan ang lyong mga ninanasa, nalulungkot ako at nanghihinayang dahil hindi ako sapat para sa lyong mga kailangan, ngunit handa akong abutin ang kinasasaklawang ito, handa akong gawin ang lahat ng kaya ko upang Ikaw ay aking mapasaya. Ang lyong pagkastigo ay nagdulot sa akin ng pag-iingat, at nakapagbigay sa akin ng pinakamabuting kaligtasan; ang lyong paghatol ay nagkukubli ng lyong pagpaparaya at pagtitiis. Kung wala ang lyong pagkastigo at paghatol, hindi ko matatamasa ang lyong awa at kagandahang-loob. Ngayon, lalo kong nakikita na ang lyong pag-ibig ay nakalampas sa mga kalangitan at hinigitan ang lahat ng iba pang bagay. Ang lyong pag-ibig ay hindi lamang awa at kagandahang-loob; higit pa ryan, ito ay pagkastigo at paghatol. Ang lyong pagkastigo at paghatol ay nagbigay ng napakarami sa akin. Kung wala ang lyong pagkastigo at paghatol, walang isa mang taong malilinis, at walang isa mang taong makararanas ng pag-ibig ng Lumikha. Bagaman nakapagtiis ako ng daan-daang mga pagsubok at kapighatian, at nakaranas pang mabingit sa kamatayan, natulutan ako ng mga ito na tunay Kang makilala at magtamo ng pinakamataas na kaligtasan. Kung ang lyong pagkastigo, paghatol at pagdisiplina ay lilisan mula sa akin, kung gayon ay mabubuhay ako sa kadiliman, sa ilalim ng sakop ni Satanas. Ano nga ba ang mga pakinabang ng laman ng tao? Kung ang lyong pagkastigo at paghatol ay aalis sa akin, ito ay waring ang lyong Espiritu ay nagtakwil sa akin, na waring Ikaw ay hindi ko na kasama. Kung magkagayon nga, paano ako magpapatuloy na mabuhay? Kung binibigyan Mo ako ng karamdaman, at kukunin ang aking kalayaan, maaari pa rin akong patuloy na mabuhay, ngunit kung sakaling lilisanin ako ng lyong pagkastigo at paghatol, mawawalan na ako ng daan upang patuloy na mabuhay. Kung wala ang lyong pagkastigo at paghatol sa akin, mawawala na sa akin ang lyong pag-ibig, isang pag-ibig na lubhang malalim upang aking masabi. Kung wala ang lyong pag-ibig, ako ay mabubuhay sa ilalim ng sakop ni Satanas, at hindi na makikita ang lyong maluwalhating mukha. Paano ako makakapagpatuloy na mabuhay? Ang gayong kadiliman, ang gayong buhay, ay hindi ko kayang mabata. Ang makasama Kita ay tulad ng namamasdan Kita, kaya paano Kita maiiwan? Nagmamakaawa ako sa Iyo, nakikiusap ako sa Iyo na huwag kunin ang aking pinakadakilang kaaliwan mula sa akin, kahit na ito ay ilang salita lamang na nagbibigay-katiyakan. Natamasa ko ang lyong pag-ibig, at ngayon ay hindi ko kayang malayo sa Iyo;

paano na hindi Kita maiibig? Marami akong itinangis na mga luha ng kalungkutan dahil sa iyong pag-ibig, subali't lagi kong nararamdaman na ang isang buhay na gaya nito ay higit na makahulugan, higit akong napagyayaman, higit akong nababago, at higit akong tinutulutang makamit ang katotohanang taglay dapat ng mga nilalang."

Ang buong buhay ng tao ay nasa ilalim ng sakop ni Satanas, at wala ni isang tao ang kayang mag-isang palayain ang kanyang sarili mula sa impluwensiya ni Satanas. Lahat ay nabubuhay sa isang maruming sanlibutan, sa katiwalian at kahungkagan, wala ni katiting mang kahulugan o kahalagahan, namumuhay sila ng gayong walang-pananagutang buhay para sa laman, para sa pagnanasa, at para kay Satanas. Walang kahit katiting mang halaga sa kanilang pag-iral. Hindi kaya ng tao na hanapin ang katotohanang magpapalaya sa kanya mula sa impluwensiya ni Satanas. Kahit na naniniwala ang tao sa Diyos at nagbabasa ng Bibliya, hindi niya nauunawaan kung paano siya makalalaya mula sa pagpipigil ng impluwensiya ni Satanas. Sa mga nakalipas na mga kapanahunan, iilang tao lang ang nakatuklas ng lihim na ito, iilan lang ang nakaunawa rito. Sa gayon, bagaman kinamumuhian ng tao si Satanas, at kinamumuhian ang laman, hindi niya alam kung paano alisin sa sarili niya ang bumibitag na impluwensiya ni Satanas. Ngayon, hindi ba't nasa ilalim pa rin kayo ng sakop ni Satanas? Hindi ninyo pinagsisisihan ang inyong mga ginawang pagsuway, at lalong hindi ninyo nararamdaman na kayo ay marumi at hindi masunurin. Pagkatapos na salungatin ang Diyos, mayroon pa rin kayong kapayapaan ng isipan at nakadarama ng lubhang katahimikan. Ang katahimikan mo ba ay hindi dahil sa ikaw ay tiwali? Ang kapayapaan bang ito ng iyong isipan ay hindi nagbubuhay sa iyong pagkamasuwayin? Ang tao ay nabubuhay sa isang pantaong impiyerno, nabubuhay siya sa madilim na impluwensiya ni Satanas; sa buong lupa, ang mga multo ay naninirahan kasama ng tao, nanghihimasok sa laman ng tao. Sa lupa, hindi ka nabubuhay sa isang magandang paraiso. Ang dako na kinaroroonan mo ay ang kinasasaklawan ng diyablo, isang pantaong impiyerno, isang daigdig ng mga patay. Kung ang tao ay hindi nalilinis, siya ay sa karumihan; kung hindi siya iniingatan at kinakalinga ng Diyos, kung gayon siya ay nananatili pang bihag ni Satanas; kung hindi siya hinahatulan at kinakastigo, kung gayon hindi siya magkakaroon ng daan upang makalaya sa pang-aalipin ng madilim na impluwensiya ni Satanas. Ang tiwaling disposisyon na iyong ipinakikita at masuwaying pag-uugali na iyong isinasabuhay ay sapat upang patunayang ikaw ay namumuhay pa rin sa ilalim ng sakop ni Satanas. Kung ang iyong isipan at mga iniisip ay hindi nalinis, at ang iyong disposisyon ay hindi pa nahatulan at nakastigo, kung gayon ang iyong kabuuan ay pigil pa rin ng sakop ni Satanas, ang iyong isipan ay pigil ni Satanas, ang iyong mga iniisip ay pinaikot ni Satanas, at ang lahat sa iyo ay kontrolado ng mga kamay ni Satanas. Alam mo ba kung gaano ka pa kalayo, ngayon, mula sa mga pamantayan ni Pedro? Taglay mo ba ang kakayahang iyon? Gaano karami ang iyong nalalaman sa pagkastigo at paghatol sa ngayon? Gaano karami ang iyong taglay sa mga naging kaalaman ni Pedro? Kung, sa ngayon, ay hindi mo kayang malaman, maaari mo bang matamo ang kaalamang ito sa

hinaharap? Ang isang tamad at duwag na gaya mo ay hindi talaga kayang malaman ang pagkastigo at paghatol. Kung iyong hahabulin ang kapayapaan ng laman, at ang mga kasiyahan ng laman, kung gayon hindi ka magkakaroon ng daan upang malinis, at sa katapusan ay ibabalik ka kay Satanas, sapagkat ang iyong isinasabuhay ay si Satanas, at ito ang laman. Sa katayuan ng mga bagay-bagay ngayon, maraming tao ang hindi hinahangad ang buhay, ibig sabihin ay hindi nila inaalintana ang pagiging nalinis, o tungkol sa pagpasok sa mas malalim na karanasan sa buhay. Kung gayon ay paano sila magagawang perpekto? Yaong mga hindi hinahangad ang buhay ay walang pagkakataong magawang perpekto, at yaong mga hindi naghahabol ng kaalaman sa Diyos, hindi nagsisikap na magtamo ng mga pagbabago sa kanilang disposisyon, ay hindi kayang makatakas mula sa madilim na impluwensya ni Satanas. Hindi sila seryoso sa kanilang kaalaman sa Diyos at sa kanilang pagpasok sa mga pagbabago sa kanilang disposisyon, katulad ng mga naniniwala sa relihiyon, at sumusunod lamang sa ritwal at dumadalo sa mga regular na serbisyo. Hindi ba't pagsasayang lamang iyan ng panahon? Kung, sa paniniwala ng tao sa Diyos, siya ay hindi taimtim tungkol sa mga bagay-bagay ng buhay, hindi hinahabol ang pagpasok sa katotohanan, hindi naghahabol ng mga pagbabago sa kanyang disposisyon, at lalong hindi naghahabol ng isang kaalaman sa gawain ng Diyos, kung gayon hindi siya magagawang perpekto. Kung gusto mo na magawang perpekto, kung gayon ay dapat mong maunawaan ang gawain ng Diyos. Sa partikular, dapat mong maunawaan ang kahalagahan ng Kanyang pagkastigo at paghatol, at bakit ang gawaing ito ay isinasagawa sa tao. Kaya mo bang tanggapin? Sa panahon ng ganitong uri ng pagkastigo, kaya mo bang makamit ang mga karanasan at kaalaman na kapareho ng kay Pedro? Kung ikaw ay naghahangad ng kaalaman sa Diyos at ng gawain ng Banal na Espiritu, at kung nagsisikap kang magkaroon ng mga pagbabago sa iyong disposisyon, kung gayon mayroon kang pagkakataon na magawang perpekto.

Para sa mga yaong gagawing perpekto, ang hakbang na ito ng gawain ng pagiging nalupig ay hindi maaaring hindi isasagawa, sa sandaling nalupig ang isang tao ay saka pa lamang siya makararanas ng gawain ng pagiging ginagawang perpekto. Walang malaking kahalagahan sa pagganap lamang ng papel ng pagiging nalupig, hindi ito magtutulot sa iyo na maging akmang gamitin ng Diyos. Hindi ka magkakaroon ng daan na gampanan ang iyong bahagi sa pagpapalaganap ng ebanghelyo, sapagkat hindi mo hinahabol ang buhay, at hindi mo pinagsisikapan ang mga pagbabago at pagpapanibago ng iyong sarili, kung kaya wala kang tunay na karanasan sa buhay. Sa panahon ng gawaing ito nang paisa-isang hakbang, gumap ka nang minsan bilang taga-serbisyo, at isang panghambing ngunit kung sa kasukdulan ay hindi mo pinagsikapang maging Pedro, at ang iyong pagsisikap ay hindi kaayon sa landas kung saan si Pedro ay ginawang perpekto, kung gayon, natural, hindi ka makararanas ng mga pagbabago sa iyong disposisyon. Kung ikaw ay isang taong naghahangad na magawang perpekto, kung gayon magpapatotoo ka, at sasabihin mo: "Sa hakbang-hakbang na gawaing ito ng

Diyos, natanggap ko ang pagkastigo at paghatol ng Diyos, at bagaman nakapagtiis ako ng matinding pagdurusa, nalaman ko kung paano ginagawang perpekto ng Diyos ang tao, nakamit ko ang gawaing ginagawa ng Diyos, nagkaroon ako ng kaalaman sa pagkamatuwid ng Diyos, at ang Kanyang pagkastigo ay nagligtas sa akin. Ang Kanyang matuwid na disposisyon ay dumating sa akin, at nagdala sa akin ng mga pagpapala at biyaya; ang Kanyang paghatol at pagkastigo ang nag-ingat at dumalisay sa akin. Kung hindi ako nakastigo at nahatulan ng Diyos, at kung ang Kanyang masasakit na salita ay hindi dumating sa akin, hindi ko sana makikilala ang Diyos, at ni hindi ako maliligtas. Nakikita ko ngayon: Bilang isang nilalang, hindi lamang tinatamasa ng isang tao ang lahat ng bagay na nilikha ng Lumikha, ngunit, mas mahalaga, na lahat ng nilalang ay dapat magtamasa ng matuwid na disposisyon ng Diyos at ng Kanyang matuwid na paghatol, sapagkat ang disposisyon ng Diyos ay karapat-dapat sa pagtatamasa ng tao. Bilang isang nilalang na nagawang tiwali ni Satanas, dapat na tamasahin ng isa ang matuwid na disposisyon ng Diyos. Sa Kanyang matuwid na disposisyon ay mayroong pagkastigo at paghatol, at, higit pa rito, mayroong dakilang pag-ibig. Bagaman hindi ko kayang lubos na matamo ang pag-ibig ng Diyos sa ngayon, nagkaroon naman ako ng mabuting kapalaran na makita ito, at dahil dito ako ay pinagpala.” Ito ang landas na nilakaran niyaong mga nakakaranas na magawang perpekto at ito ang kaalaman na sinasabi nila. Ang gayong mga tao ay pareho ni Pedro; mayroon silang parehong mga karanasan ni Pedro. Ang gayong mga tao ay yaon ding nakatamo ng buhay, at nagtataglay ng katotohanan. Kapag nararanasan nila hanggang sa katapus-tapusan, sa panahon ng paghatol ng Diyos tiyak na ganap nilang iwawaksi sa kanilang sarili ang impluwensya ni Satanas, at matatamo ng Diyos.

Pagkatapos na ang mga tao ay malupig, wala silang anumang dumadagundong na patotoo. Hiniya lamang nila si Satanas, ngunit hindi naisabuhay ang realidad ng mga salita ng Diyos. Hindi mo nakamit ang ikalawang kaligtasan; nakamtan mo lamang ang isang handog para sa kasalanan, subali’t hindi ka nagawang perpekto—ito ay malaking kawalan. Dapat ninyong maunawaan kung ano ang dapat ninyong pasukin, at kung ano ang dapat ninyong isabuhay, at dapat kayong pumasok sa mga yaon. Kung, sa katapusan, hindi mo nakamit ang pagiging nagawang perpekto, kung gayon hindi ka magiging isang totoong tao, at mapupuno ka ng pagsisisi. Sina Adan at Eba na nilalang ng Diyos sa pasimula ay mga banal na tao, ibig sabihin, habang nasa Hardin ng Eden sila ay banal, walang bahid ng karumihan. Sila rin ay tapat kay Jehova, at wala silang alam tungkol sa pagkakanulo kay Jehova. Ito ay dahil sa wala silang paggambala ng impluwensya ni Satanas, walang kamandag ni Satanas, anupa’t sila ang pinakadalisdang sa lahat ng sangkatauhan. Sila ay nakatira sa Hardin ng Eden, hindi nabahiran ng anumang dumi, hindi naangkin ng laman, at may paggalang kay Jehova. Sa dakong huli, nang sila ay tinukso ni Satanas, nagkaroon sila ng kamandag ng ahas, at ng pagnanasa na ipagkanulo si Jehova, at namuhay sila sa ilalim ng impluwensya ni Satanas. Sa pasimula, sila ay banal at gumagalang sila kay Jehova; sa ganitong kalagayan lamang na sila ay tao.

Kalaunan, pagkatapos silang tuksuhin ni Satanas, kinain nila ang bunga ng punongkahoy ng kaalaman ng mabuti at masama, at namuhay sa ilalim ng impluwensya ni Satanas. Unti-unti silang nagawang tiwali ni Satanas, at naiwala ang orihinal na larawan ng tao. Sa pasimula, ang tao ay mayroong hininga ni Jehova, wala kahit katiting na pagkamasuwayin, at walang kasamaan sa kanyang puso. Noong panahong iyon, ang tao ay tunay na tao. Pagkatapos gawing tiwali ni Satanas, ang tao ay naging isang hayop. Ang kanyang kaisipan ay napuno ng kasamaan at karumihan, walang kabutihan at kabanalan. Hindi ba't ito si Satanas? Marami ang naranasan mo sa gawain ng Diyos, gayunman hindi ka nabago o nalinis. Ikaw ay nabubuhay pa rin sa ilalim ng sakop ni Satanas, at hindi pa rin nagpapasakop sa Diyos. Ito ang isang taong nalupig ngunit hindi pa nagawang perpekto. At bakit sinasabi na ang gayong tao ay hindi pa nagawang perpekto? Dahil hindi pinagsisikapan ng taong ito ang buhay o kaalaman sa gawain ng Diyos, at walang higit na iniimbot kundi ang mga kasiyahan ng laman at panandaliang kaginhawahan. Bilang bunga, walang mga pagbabago sa kanilang disposisyon sa buhay, at hindi nila muling natamo ang orihinal na larawan ng tao na nilalang ng Diyos. Ang gayong mga tao ay mga naglalakad na bangkay, sila ang mga patay na walang espiritu! Yaong mga hindi naghahabol sa kaalaman sa mga bagay-bagay sa espiritu, na hindi naghahabol ng kabanalan, at hindi naghahabol na maisabuhay ang katotohanan, anupa't sapat na sa kanila ang malupig sa negatibong panig, at hindi kayang isabuhay ang mga salita ng Diyos at maging mga taong banal—sila yaong mga taong hindi nailigtas. Sapagkat, kung hindi niya taglay ang katotohanan, hindi kakayanin ng taong manatiling nakatayo sa panahon ng mga pagsubok ng Diyos; tanging ang may kakayahan na tumayong matatag sa panahon ng mga pagsubok ng Diyos ang siyang mga nailigtas. Ang nais Ko ay mga taong tulad ni Pedro, mga taong nagsisikap na magawang perpekto. Ang katotohanan sa ngayon ay ipinagkakaloob sa mga nananabik at naghahanap dito. Ang pagliligtas na ito ay iginagawad sa mga yaong mahigpit na nagnanais na mailigtas ng Diyos, at hindi lamang ito itinakda upang makamit ninyo. Ang layunin nito ay upang maaaring makamit din kayo ng Diyos; nakakamit ninyo ang Diyos upang maaari kayong makamit ng Diyos. Ngayon ay winika Ko ang mga salitang ito sa inyo, at narinig ninyo ang mga yaon, at dapat kayong magsagawa ayon sa mga salitang ito. Sa huli, ang oras na isinagawa ninyo ang mga salitang ito ay magiging sandali kung kailan ay nakamit Ko kayo sa pamamagitan ng mga salitang ito; kasabay nito, ay inyo ring makakamit ang mga salitang ito, na ibig sabihin, ay makakamit ninyo ang pinakamataas na kaligtasang ito. Kapag kayo ay nalinis, kayo ay magiging isang tunay na tao na. Kung hindi mo kayang isabuhay ang katotohanan, o isabuhay ang wangis ng isa na nagawa nang perpekto, kung gayon ay masasabing ikaw ay hindi isang tao, kundi isang naglalakad na bangkay, isang hayop, dahil wala sa iyo ang katotohanan, na ibig sabihin ay wala sa iyo ang hininga ni Jehova, sa gayon ikaw ay isang patay na tao na walang espiritu! Bagaman posible na magpatotoo pagkatapos mong malupig, ang natamo mo lamang ay kaunting kaligtasan, at hindi ka pa naging isang buhay na taong nilalang na may taglay na espiritu. Bagaman

nakaranas ka ng pagkastigo at paghatol, ang iyong disposisyon ay hindi napanibago o nabago bilang resulta; ikaw ay ang dati mo pa ring sarili, kabilang ka pa rin kay Satanas, at ikaw ay hindi isang tao na nalinis. Tanging yaong mga nagawang perpekto ang may halaga, at ang mga ganitong tao lamang ang nakatamo ng isang tunay na buhay. Isang araw, may isang tao na magsasabi sa iyo, “Naranasan mo na ang gawain ng Diyos, kaya ilarawan mo ang Kanyang gawain. Naranasan ni David ang gawain ng Diyos, at namasdan ang mga gawa ni Jehova, namasdan din ni Moises ang mga gawa ni Jehova, at parehong nailarawan ng dalawa ang mga gawa ni Jehova, at kayang isalita ang pagiging kamangha-mangha ni Jehova. Namasdan ninyo ang gawaing ginawa ng Diyos na nagkatawang-tao sa mga huling araw; kaya mo bang salitain ang Kanyang karunungan? Kaya mo bang salitain ang pagiging kamangha-mangha ng Kanyang gawain? Ano ang mga hinihingi na ginawa ng Diyos sa inyo at paano ninyo naranasan ang mga iyon? Naranasan na ninyo ang gawain ng Diyos sa mga huling araw—ano ang pinakadakila ninyong pangitain? Kaya ba ninyong sambitin ito? Kaya ba ninyong salitain ang matuwid na disposisyon ng Diyos?” Paano ka sasagot kapag napaharap sa mga ganitong katanungan? Kung sasabihin mong, “Ang Diyos ay matuwid, kinakastigo at hinahatulan Niya tayo, at lubusan tayong inilalantad; ang disposisyon ng Diyos ay tunay na hindi nagpaparaya sa pagkakasala ng tao; pagkatapos maranasan ang gawain ng Diyos, nakarating ako sa kaalaman ng ating sariling pagiging-hayop, at totoong namasdan ko ang matuwid na disposisyon ng Diyos,” at ang isa pang tao ay patuloy kang tatanungin, “Ano pa ang mga alam mo tungkol sa Diyos? Paano ang isa ay pumapasok sa buhay? Mayroon ka bang anumang pansariling mga hangarin?” Ikaw ay sasagot, “Pagkatapos magawang tiwali ni Satanas, ang mga nilalang ng Diyos ay naging mga hayop, at walang pinagkaiba sa mga asno. Ngayon ay nabubuhay ako sa mga kamay ng Diyos, kung kaya dapat kong matugunan ang mga ninanais ng Lumikha, at sundin ang anumang mga itinuturo Niya. Wala akong ibang pagpipilian.” Kung ikaw ay nagsasalita lamang ng gayong mga pangkalahatan, hindi maiintindihan ng taong iyon kung ano ang iyong sinasabi. Kapag ikaw ay tinanong nila kung anong kaalaman ang mayroon ka sa gawain ng Diyos, ang tinutukoy nila ay ang iyong mga pansariling karanasan. Nagtatanong sila kung ano ang iyong nalalaman sa pagkastigo at paghatol ng Diyos pagkatapos mo itong maranasan, at dito ay tinutukoy nila ang iyong mga pansariling karanasan, at hinihimok ka nilang magsalita ng iyong nalalaman sa katotohanan. Kung hindi ka makapagsasalita ng mga gayong bagay, ipinakikita nitong wala kang alam tungkol sa gawain ng kasalukuyan. Palagi kang nagwiwika ng mga salitang mabababaw, o mga bagay na alam na ng lahat; wala kang espesipikong mga karanasan, mas lalong walang diwa ang iyong kaalaman, at wala ka ring tunay na mga patotoo, kung kaya ang iba’y hindi naniniwala sa iyo. Huwag kang maging walang-pakialam na tagasunod ng Diyos, at huwag habulin yaong nakakaganyak sa iyo. Sa pagiging sala sa init o sala sa lamig sisirain mo ang sarili mo at maaantala ang buhay mo. Alisin mo sa iyong sarili ang gayong pagiging walang-pakialam at kawalan-ng-pagkilos, at maging dalubhasa sa paghahabol ng mga positibong

bagay at mapagtagumpayan ang iyong sariling mga kahinaan, upang maaari mong matamo ang katotohanan at isabuhay ang katotohanan. Walang nakakatakot tungkol sa iyong mga kahinaan, at ang iyong mga pagkukulang ay hindi ang iyong pinakamalaking problema. Ang iyong pinakamalaking problema, at ang iyong pinakamatinding pagkukulang, ay ang iyong pagiging hindi mainit ni malamig at ang kakulangan ng iyong pagnanasa na hanapin ang katotohanan. Ang pinakamalaking problema sa inyong lahat ay ang duwag na kaisipan kung saan ay masaya na kayo sa kalagayan ng mga bagay-bagay, at naghihintay lang nang walang ginagawang hakbang. Ito ang inyong pinakamalaking balakid, at ang pinakamatinding kaaway sa inyong paghahabol sa katotohanan. Kung ikaw ay sumusunod lamang dahil ang mga salitang winiwika Ko ay lubhang malalim, kung gayon ay hindi mo tunay na tinataglay ang kaalaman, at ni hindi mo pinahahalagahan ang katotohanan. Ang ganyang pagkamasunurin gaya ng sa iyo ay hindi patotoo at hindi Ko sinasang-ayunan ang ganyang pagkamasunurin. Maaaring may magtanong sa iyo, “Saan ba talaga nanggaling ang iyong Diyos? Ano ang diwa ng iyong Diyos?” Ikaw ay tutugon, “Ang Kanyang diwa ay pagkastigo at paghatol.” Pagkatapos ay magpapatuloy siya, “Ang Diyos ba ay hindi mahabagin at maibigin tungo sa tao? Hindi mo ba alam ang mga ito?” Sasabihin mo, “Iyan ang Diyos ng iba. Ito ang Diyos na pinaniniwalan ng mga tao ng relihiyon, at hindi ito ang Diyos natin.” Kapag ang mga taong katulad mo ay nagpapalaganap ng ebanghelyo, ang tamang daan ay binabaluktot mo, kung kaya ano pa ang silbi mo? Paano matatamo ng iba ang tamang daan mula sa iyo? Hindi mo taglay ang katotohanan, at hindi makakapagsalita ng katotohanan, ni, higit sa rito, maisasabuhay ang katotohanan. Ano ang mga katangiang nagtutulot sa iyo para mabuhay sa harap ng Diyos? Kapag pinalalaganap mo sa iba ang ebanghelyo, at kapag nagbabahagian kayo tungkol sa katotohanan, at nagpapatotoo sa Diyos, kung hindi mo kayang makumbinsi sila, pabubulaanan nila ang iyong mga salita. Hindi ka ba isang pagsasayang lamang ng espasyo? Napakalawak na ang iyong karanasan sa gawain ng Diyos, gayunman kapag nagsasalita ka hinggil sa katotohanan wala kang nasasabing makabuluhan. Hindi ka ba walang-silbi? Ano ang iyong kabuluhan? Paano magiging ganoong kalawak ang inyong karanasan sa gawain ng Diyos, subali’t wala kayo kahit katiting na kaalaman tungkol sa Kanya? Kapag tinanong nila kung anong tunay na kaalaman ang mayroon ka sa Diyos, ikaw ay nauubusan ng mga salita, o kaya ay sumasagot nang isang bagay na walang-kinalaman—sinasabing ang Diyos ay makapangyarihan, na ang malalaking pagpapalang natanggap mo ay tunay na isang pagluluwalhati sa Diyos, at na wala nang hihigit pang pribilehiyo kaysa makayang masdan ang Diyos nang harapan. Ano ang halaga na mayroon sa pagsasabi nito? Ang mga iyon ay walang-saysay, mga hungkag na salita! Gayong napakalawak na ang naranasan mo sa gawain ng Diyos, nalalaman mo lamang ba na ang pagdakila sa Diyos ang katotohanan? Dapat mong malaman ang gawain ng Diyos, at sa gayong paraan ka lamang magiging isang tunay na patotoo sa Diyos. Paanong magiging patotoo sa Diyos yaong mga hindi nakatamo ng katotohanan?

Kung ang napakalawak na gawain, at napakaraming salita, ay hindi tumalab sa iyo, kung gayon kapag dumating ang panahon upang ipalaganap ang gawain ng Diyos hindi mo magagampanan ang iyong tungkulin, at mapapahiya at hahamakin. Sa panahong iyon, madarama mo na napakalaki ang utang mo sa Diyos, na ang iyong kaalaman sa Diyos ay napakababaw. Kung hindi mo hinahabol ang kaalaman sa Diyos ngayon, habang Siya ay gumagawa, kung gayon sa kalaunan ay magiging masyadong huli na. Sa katapusan, ikaw ay walang kaalamang masasabi—ikaw ay maiiwang hungkag, wala kahit ano. Ano nga ang iyong gagamitin upang magsulit sa Diyos? Mayroon ka bang lakas ng loob na tumingin sa Diyos? Kailangan mong maging masigasig ngayon sa iyong paghahabol, upang sa katapusan, tulad ni Pedro, malalaman mo kung gaano kapakipakinabang ang pagkastigo at paghatol ng Diyos sa tao, at kung wala ang Kanyang pagkastigo at paghatol, ang tao ay hindi maililigtas, at malulubog lamang nang higit na malalim tungo rito sa maruming lupain, higit na malalim tungo sa putikan. Ang mga tao na ginawang tiwali ni Satanas ay gumawa na ng intriga laban sa isa't isa at nagtatapakan sa isa't isa, ay nawalan na ng takot sa Diyos. Ang kanilang pagkamasuwayin ay napakatindi, ang kanilang kuru-kuro ay napakarami, at ang lahat ay kabilang kay Satanas. Kung wala ang pagkastigo at paghatol ng Diyos, ang tiwaling disposisyon ng tao ay hindi malilinis at siya ay hindi maililigtas. Kung ano ang inihahayag ng gawain sa katawang-tao ng Diyos na nagkatawang-tao ay tiyak na yaong inihayag ng Espiritu, at ang gawain na Kanyang ginagawa ay isinasakatuparan ayon doon sa ginagawa ng Espiritu. Ngayon, kung wala kang kaalaman tungkol sa gawaing ito, kung gayon ikaw ay napakahangal at napakalaki ang nawala sa iyo! Kung hindi mo natamo ang pagliligtas ng Diyos, kung gayon ang iyong paniniwala ay isang relihiyosong pananampalataya, at ikaw ay isang Kristiyanong nasa relihiyon. Dahil ikaw ay nakakapit sa patay na doktrina, naiwala mo ang bagong gawain ng Banal na Espiritu; ang iba, na naghahangad na mahalin ang Diyos, ay nakamtan ang katotohanan at buhay, samantalang ang iyong pananampalataya ay hindi kayang makamtan ang pagsang-ayon ng Diyos. Sa halip, ikaw ay naging masamang tao, isang taong gumagawa ng nakasisira at nakasusuklam na mga gawain, ikaw ay naging tampulan ng mga panunuya ni Satanas, at isang bihag ni Satanas. Ang Diyos ay hindi dapat paniwalaan ng tao, kundi ibigin niya, habulin at sambahin niya. Kung hindi ka naghahabol ngayon, kung gayon ay darating ang araw kung kailan sasabihin mo, “Bakit hindi ko sinunod ang Diyos nang wasto noon, hindi Siya binigyang-kasiyahan nang wasto, hindi itinaguyod ang mga pagbabago sa aking disposisyon sa buhay? Gaano ang aking pagsisisi sa hindi ko pagpapasakop sa Diyos noon, at sa hindi ko paghahabol na makamit ang kaalaman ng salita ng Diyos. Napakarami ang sinabi ng Diyos noon; bakit hindi ako naghahabol? Ako ay napakatanga!” Kapopootan mo ang iyong sarili sa isang tiyak na punto. Ngayon, hindi mo pinaniniwalaan ang mga salitang Aking sinasabi, at hindi mo binibigyang-pansin ang mga iyon; kapag dumating na ang araw para ang gawaing ito ay lumaganap, at nakita mo ang kabuuan nito, magsisisi ka, at sa sandaling yaon ikaw ay matitigilan. Mayroong

mga pagpapala, gayunman ay hindi mo alam kung paano magtamasa sa mga yaon, at naroon ang katotohanan, gayunman ay hindi mo ito hinahabol. Hindi ka ba nagdadala ng sumpa sa iyong sarili? Ngayon, bagaman magsisimula pa lamang ang susunod na hakbang sa gawain ng Diyos, walang anumang katangi-tangi tungkol sa mga hinihingi sa iyo at sa kung ano ang ipinasasabuhay sa iyo. Napakalaki ang gawain, at napakarami ang katotohanan; ang mga yaon ba ay hindi karapat-dapat na malaman mo? Hindi ba kayang gisingin ng pagkastigo at paghatol ng Diyos ang iyong espiritu? Hindi ba kaya ng pagkastigo at paghatol ng Diyos na tulutan kang kamuhian ang iyong sarili? Sapat na ba sa iyo na mamuhay sa ilalim ng impluwensya ni Satanas, may kapayapaan at kagalakan, at kaunting makalamang kaginhawahan? Hindi ba't ikaw ang pinakamababa sa lahat ng tao? Wala nang mas hahangal pa kaysa sa mga yaong nakakita sa kaligtasan ngunit hindi hinangad na makamit ito; sila ay mga taong nagpapakabusog sa laman at nasisiyahan kay Satanas. Umaasa ka na ang iyong pananampalataya sa Diyos ay hindi magsasanhi ng anumang mga hamon o mga kapighatian, o ng kahit katiting na paghihirap. Lagi mong hinahabol ang mga bagay na walang-halaga, at hindi mo pinahahalagahan ang buhay, sa halip ay inuuna mo ang iyong sariling matataas na kaisipan bago ang katotohanan. Ikaw nga ay walang-halaga! Nabubuhay ka na parang isang baboy—ano nga ba ang pagkakaiba sa pagitan mo, at ng mga baboy at mga aso? Hindi ba't lahat niyaong hindi naghahabol sa katotohanan, at sa halip ay iniibig ang laman, ay mga hayop? Ang mga patay ba na walang mga espiritu ay lumalakad na mga bangkay? Gaano na karaming salita ang nasambit sa gitna ninyo? Kaunting trabaho lamang ba ang nagawa sa gitna ninyo? Gaano na karami ang naipagkaloob Ko sa inyo? Kaya bakit hindi mo ito nakamit? Ano ang iyong mairereklamo? Hindi ba't wala kang natamo dahil sa iyong labis na pag-ibig sa laman? At hindi ba't dahil ito sa iyong mga kaisipan na masyadong mataas? Hindi ba't dahil ito sa ikaw ay napakahangal? Kung hindi mo kayang matamo ang mga pagpapalang ito, masisisi mo ba ang Diyos sa hindi pagliligtas sa iyo? Ang iyong hinahabol ay ang matamo ang kapayapaan pagkatapos na maniwala sa Diyos, upang ang iyong mga anak ay mailayo sa sakit, upang ang iyong asawang lalaki ay magkaroon ng magandang trabaho, upang ang iyong anak na lalaki ay magkaroon ng mabuting asawang babae, upang ang iyong anak na babae ay makatagpo ng disenteng asawang lalaki, upang ang iyong mga baka at mga kabayo ay makapag-araro nang mahusay, upang magkaroon ng isang taon ng magandang panahon para sa iyong mga tanim. Ito ang iyong hinahanap. Ang iyong hinahabol ay para mabuhay lamang nang maginhawa, upang walang mga aksidenteng dumating sa iyong pamilya, upang ang hangin ay lampasan ka lamang, upang ang iyong mukha ay hindi mabahiran ng dumi, upang ang mga tanim ng iyong pamilya ay hindi bahain, upang ikaw ay hindi maapektuhan ng anumang sakuna, upang mabuhay sa pag-iingat ng Diyos, upang mabuhay sa isang maginhawang tirahan. Ang duwag na kagaya mo, na palaging naghahabol sa laman—mayroon ka bang puso, mayroon ka bang espiritu? Hindi ka ba isang hayop? Ibinibigay Ko sa iyo ang tamang daan nang hindi humihingi ng anumang

kapalit, gayunman ay hindi ka nagsisikap. Isa ka ba sa mga naniniwala sa Diyos? Ipinagkakaloob Ko ang tunay na buhay ng tao sa iyo, gayunman ay hindi ka nagsisikap. Wala ka bang pagkakaiba sa isang baboy o isang aso? Ang mga baboy ay hindi naghahangad ng buhay ng tao, hindi nila hinahangad na maging malinis, at hindi nila nauunawaan kung ano ang buhay. Bawat araw, pagkatapos nilang kumain nang busog, natutulog na sila. Naibigay Ko na sa iyo ang tamang daan, gayunman ay hindi mo ito nakamtan: Wala kang pag-aari. Payag ka bang magpatuloy sa ganitong buhay, ang buhay ng isang baboy? Ano nga ba ang kahalagahan ng mga gayong tao na nabubuhay? Ang iyong buhay ay kasumpa-sumpa at walang-dangal, nabubuhay ka sa gitna ng karumihan at kahalayan, at hindi ka naghahabol ng anumang layunin; hindi ba't ang iyong buhay ang pinakahamak sa lahat? Mayroon ka bang lakas ng loob na tumingin sa Diyos? Kung magpapatuloy ka na dumanas nang ganito, hindi ba't wala kang matatamo? Ang tamang daan ay naibigay na sa iyo, ngunit kung makakamit mo ito sa kasukdulan o hindi ay nakasalalay sa iyong pansariling paghahabol. Sinasabi ng mga tao na ang Diyos ay isang matuwid na Diyos, at hangga't sinusunod Siya ng tao hanggang sa katapus-tapusan, tiyak na magiging patas Siya tungo sa tao, sapagkat Siya ang pinakamatuwid. Kung sinusunod Siya ng tao hanggang sa katapus-tapusan, kaya ba Niyang isantabi ang tao? Ako ay patas sa lahat ng tao, at hinahatulan ang lahat ng tao ayon sa Aking matuwid na disposisyon, gayunman mayroong akmang mga kundisyon sa mga kinakailangan Ko sa tao, at yaong Aking kailangan ay dapat na matupad ng lahat ng tao, maging sinuman sila. Wala Akong pakialam kung ano ang mga kwalipikasyon mo, o kung gaano katagal mo na silang taglay; ang pinahahalagahan Ko lamang ay kung lumalakad ka sa Aking daan, at kung umiibig ka at nauuhaw para sa katotohanan o hindi. Kung ikaw ay kulang sa katotohanan, at sa halip nagdadala ng kahihyan sa Aking pangalan, at hindi kumikilos ayon sa Aking daan, sumusunod lamang nang walang pakialam o malasakit, kung gayon sa sandaling iyon ay pababagsakin kita at parurusahan dahil sa iyong kasamaan, at ano nga ang masasabi mo sa panahong iyon? Masasabi mo bang ang Diyos ay hindi matuwid? Ngayon, kung nakasunod ka sa mga salita na Aking binitiwang, kung gayon ikaw ang uri ng taong Aking sinasang-ayunan. Sinasabi mo na ikaw ay laging nagdurusa habang sumusunod sa Diyos, na nakasunod ka sa Kanya sa anumang kalagayan, at naibahagi sa Kanya ang mga pagkakataong mabubuti at ang masasama, ngunit hindi mo naisabuhay ang mga salitang winika ng Diyos; ninanais mo lamang na magparoo't parito para sa Diyos at gugulin ang sarili para sa Diyos bawat araw, at kailanman ay hindi naisip na isabuhay ang isang buhay na makabuluhan. Sinasabi mo rin, "Sa ano mang katayuan, naniniwala ako na ang Diyos ay matuwid: Nagdusa ako para sa Kanya, gumawa para sa Kanya, at inilaan ang aking sarili sa Kanya, at masigasig akong nakagawa kahit hindi tumatanggap ng anumang pagkilala; tiyak na aalalahanin Niya ako." Totoo na ang Diyos ay matuwid, gayunman ang katuwirang ito ay walang bahid ng anumang karumihan: Wala itong taglay na kalooban ng tao, at hindi nabahiran ng laman, o ng pantaong pag-uugnayan. Ang lahat

ng mapanghimagsik at lumalaban, ang lahat ng hindi nakaayon sa Kanyang daan, ay parurusahan; walang pinatatawad, at walang ititira! May ilang tao na nagsasabi, “Ngayon ay gumagawa ako para sa Iyo; kapag dumating ang katapusan, maaari Mo ba akong bigyan ng munting pagpapala?” Kaya tinatanong kita, “Nakatupad ka ba sa Aking mga salita?” Ang pagkamatuwid na iyong sinasalita ay nakasalig sa isang pag-uugnayan. Iniisip mo lamang na Ako ay matuwid at hindi nagtatangi sa lahat ng tao, at ang lahat ng yaong sumusunod sa Akin hanggang sa katapus-tapusan ay siguradong maliligtas at makakamtan ang Aking mga pagpapala. Mayroong panloob na kahulugan ang Aking mga salita na “lahat niyaong sumusunod sa Akin hanggang sa katapus-tapusan ay tiyak na maliligtas”: Lahat niyaong sumusunod sa Akin hanggang sa katapus-tapusan ay silang mga lubos Kong makakamtan, sila yaong, pagkatapos Kong malupig, ay hinahanap ang katotohanan at ginagawang perpekto. Anong mga kalagayan ang iyong natamo? Ang nakamit mo lamang ay pagsunod sa Akin hanggang sa katapus-tapusan, ngunit bukod doon ay ano pa? Ikaw ba ay nakatugon sa Aking mga salita? Natupad mo ang isa sa Aking limang kailangan, gayunman ay wala kang hangarin na tuparin ang natitirang apat. Natagpuan mo ang pinakasimple, pinakamadaling landas, at pinagsikapan ito nang may saloobin na umaasa lamang na maging mapalad. Sa gayong tao na katulad mo ang Aking matuwid na disposisyon ay isa ng pagkastigo at paghatol, ito ay isa ng matuwid na pagganti, at ito ay ang matuwid na kaparusahan sa lahat ng masasamang tao; lahat niyaong hindi lumalakad sa Aking daan ay tiyak na parurusahan, kahit na sila ay sumunod hanggang sa katapus-tapusan. Ito ang pagkamatuwid ng Diyos. Kapag ang ganitong matuwid na disposisyon ay inihayag sa kaparusahan sa tao, ang tao ay matitigilan, at nakadarama ng panghihinayang na, habang sinusunod ang Diyos, hindi siya lumakad sa Kanyang daan. “Noong panahong yaon, nagdusa lamang ako nang kaunti habang sumusunod sa Diyos, ngunit hindi lumakad sa daan ng Diyos. Ano ang mga maidadahilan? Wala nang ibang pagpipilian kundi ang makastigo!” Gayunman sa kanyang isipan siya ay nag-iisip, “Hindi bale, nakasunod naman ako hanggang sa katapus-tapusan, kaya kahit na kastiguhin Mo ako, hindi ito magiging matinding pagkastigo, at pagkatapos mailapat ang pagkastigong ito ay nanaisin Mo pa rin ako. Alam kong matuwid Ka, at hindi Mo ako pakikitunguhan nang gayon magpakailanman. Sa kabila ng lahat, hindi ako katulad niyaong mga papawiin; yaong mga papawiin ay makatatanggap ng matinding pagkastigo, samantalang ang aking pagkastigo ay magiging mas magaan.” Ang matuwid na disposisyon ay hindi gaya ng iyong sinabi. Hindi ito ang kaso na yaong mabubuti at umaamin ng kanilang mga kasalanan ay pinakikitunguhan nang maluwas. Ang pagkamatuwid ay kabanalan, at isang disposisyon na hindi nagpapahintulot sa pagkakasala ng tao, at lahat ng marumi at hindi nabago ay ang tumpalan ng poot ng Diyos. Ang matuwid na disposisyon ng Diyos ay hindi batas, kundi isang atas administratibo: Ito ay atas administratibo sa kaharian, at ang atas administratibong ito ay ang matuwid na kaparusahan sa sinumang hindi nagtataglay ng katotohanan at hindi nababago, at walang palugit para sa kaligtasan. Sapagkat kapag

ang bawat tao ay pinagsama-sama ayon sa uri, ang mabuti ay gagantimpalaan at ang masama ay parurusahan. Yaon ang panahon na ang hantungan ng tao ay lilinawin, ito ang panahon na ang gawain ng pagliligtas ay darating sa katapusan, pagkatapos niyon, ang gawain ng pagliligtas sa tao ay natapos na, at ang paghihiganti ay ilalapat sa bawat isa niyaong gumawa ng masama. Ang ilan ay nagsasabi, “Naaalala ng Diyos ang lahat ng madalas na nasa tabi Niya. Hindi Niya makakalimutan ang sinuman sa atin. Tayo ay binigyang-katiyakan na gagawing perpekto ng Diyos. Hindi Niya maaalala ang sinuman sa mga yaong nasa ibaba, yaong nasa gitna ng mga tao sa ibaba na gagawing perpekto ay tiyak na mas kaunti kaysa sa atin, tayo na madalas na makaharap ang Diyos; wala sa gitna natin ang nakalimutan ng Diyos, lahat tayo ay sinang-ayunan ng Diyos, at tayo ay tiniyak na gagawing perpekto ng Diyos.” Lahat kayo ay may gayong mga kurukuro. Ito ba ay pagkamatuwid? Isinagawa mo ba ang katotohanan o hindi? Ikaw sa katunayan ay nagkakalat ng mga sabi-sabing gaya nito—wala kang kahihiyan!

Ngayon, ang ilang tao ay naghahabol na magamit ng Diyos, ngunit pagkatapos malupig hindi na sila magagamit nang tuwiran. Hinggil sa mga salita na sinasabi ngayon, kung, kapag ginagamit ng Diyos ang mga tao, hindi mo pa rin kayang tuparin ang mga iyon, kung gayon ikaw ay hindi pa nagawang perpekto. Sa madaling salita, ang pagdating ng katapusan ng sakop ng panahon kapag ang tao ay nagawang perpekto ay magtatakda kung ang tao ba ay aalisin o gagamitin ng Diyos. Yaong mga nalupig ay hindi hihigit sa mga halimbawa ng pagsasawalang-kibo at pagiging negatibo; sila ay mga uliran at halimbawa, ngunit sila ay hindi hihigit sa isang paghahalo. Tanging kung ang disposisyon ng buhay ng tao ay nabago, at nakamit niya ang mga pagbabago sa panloob at panlabas na siya ay magiging nagawang ganap. Ngayon, alin ang nais mo, ang magpalupig o gawing perpekto? Alin ang nais mong makamit? Natupad mo na ba ang mga kundisyon sa pagiging nagawang perpekto? Alin mga kondisyon ang wala pa rin sa iyo? Paano mo dapat sangkapan ang iyong sarili, at paano mo dapat punuan ang iyong mga pagkukulang? Paano ka dapat pumasok tungo sa landas ng pagiging nagawang perpekto? Paano ka dapat lubusang magpasakop? Hinihiling mong magawang perpekto, kaya hinahabol mo ba ang kabanalan? Isang tao ka ba na naghahangad na makaranas ng pagkastigo at paghatol upang ikaw ay mapadalisa? Hinahabol mo ang pagiging nalinis, kaya handa ka bang tanggapin ang pagkastigo at paghatol? Hinihiling mong makilala ang Diyos, ngunit mayroon ka bang kaalaman sa Kanyang pagkastigo at paghatol? Ngayon, karamihan ng gawaing Kanyang ginagawa sa iyo ay pagkastigo at paghatol; ano ang iyong kaalaman sa gawaing ito, na naisakatuparan sa iyo? Ang mga naranasan mo bang pagkastigo at paghatol ay nakalinis sa iyo? Nabago ka ba nito? Nagkaroon ba ito ng anumang bunga sa iyo? Pagod na pagod ka na ba sa labis-labis na mga gawain ngayong araw—mga sumpa, mga paghatol, at mga pagsisiwalat—o nadarama mo ba na may malaking kapakinabangan ang mga ito sa iyo? Iniibig mo ang Diyos, ngunit bakit mo Siya iniibig? Iniibig mo ba ang Diyos dahil nakatanggap ka ng kaunting biyaya? O iniibig mo ba ang Diyos pagkatapos magkamit ng kapayapaan at

kagalakan? O iniibig mo ba ang Diyos pagkatapos malinis ng Kanyang pagkastigo at paghatol? Ano ba ang tumpak na nagtutulot sa iyo na ibigin ang Diyos? Alin-alin bang mga kundisyon ang tinupad ni Pedro upang magawang perpekto? Pagkatapos niyang magawang perpekto, ano ba ang mahalagang paraan kung saan ito ipinahayag? Inibig ba niya ang Panginoong Jesus dahil nangungulila siya sa Kanya, o dahil sa hindi niya Siya makikita, o dahil sa siya ay sinisi? O inibig ba niya ang Panginoong Jesus nang higit pa dahil tinanggap niya ang pagdurusa dala ng mga kapighatian, at nakarating sa pagkakaalam ng sarili niyang karumihan at pagkamasuwayin, at nalaman ang kabanalan ng Panginoon? Naging higit bang dalisay ang kanyang pag-ibig sa Diyos dahil sa pagkastigo at paghatol ng Diyos, o mayroong ibang dahilan? Alin ito? Iniibig mo ang Diyos dahil sa biyaya ng Diyos, at dahil ngayon ay nabigyan ka Niya ng ilang munting pagpapala. Ito ba ay tunay na pag-ibig? Paano mo nga ba dapat ibigin ang Diyos? Dapat mo bang tanggapin ang Kanyang pagkastigo at paghatol, at pagkatapos mamasdan ang Kanyang matuwid na disposisyon, makakaya mong tunay na ibigin Siya, anupa't ikaw ay lubusang napaniwala, at magkaroon ng kaalaman sa Kanya? Tulad ni Pedro, masasabi mo bang hindi mo maiibig ang Diyos nang sapat? Ang iyo bang hinahabol ay ang malupig pagkatapos ng pagkastigo at paghatol, o malinis, maingatan at makalinga matapos ang pagkastigo at paghatol? Alin sa mga ito ang iyong hinahabol? Makahulugan ba ang iyong buhay, o ito ay walang-layunin at walang-halaga? Gusto mo ba ang laman, o nais mo ang katotohanan? Hinihiling mo ba ang paghatol, o kaginhawahan? Yamang napakalawak ng iyong karanasan sa gawain ng Diyos, at yamang namasdan mo ang kabanalan at pagkamatuwid ng Diyos, paano ka dapat naghahabol? Paano ka dapat lumalakad sa landas na ito? Paano mo dapat isagawa ang iyong pag-ibig sa Diyos? Ang pagkastigo at paghatol ba ng Diyos ay nagkaroon ng epekto sa iyo? Kung ikaw man ay may kaalaman sa pagkastigo at paghatol ng Diyos o wala ay nakasalalay sa kung ano ang iyong isinasabuhay, at kung hanggang saan mo iibigin ang Diyos! Sinasabi ng iyong mga labi na iniibig mo ang Diyos, ngunit ang iyong isinasabuhay ay ang luma at tiwaling disposisyon; wala kang takot sa Diyos, at lalong wala kang konsensya. Iniibig ba ng gayong mga tao ang Diyos? Ang gayong mga tao ba ay matapat sa Diyos? Sila ba yaong mga tumatanggap sa pagkastigo at paghatol ng Diyos? Sinasabi mong iniibig mo ang Diyos at naniniwala ka sa Kanya, ngunit hindi mo binibitawan ang iyong mga kuru-kuro. Sa iyong gawain, pagpasok, mga salitang iyong sinasambit, at sa iyong buhay, walang pagpapahayag ng iyong pag-ibig sa Diyos, at walang paggalang sa Diyos. Siya ba yaong nakatamo ng pagkastigo at paghatol ng Diyos? Maaari kayang ang taong gaya nito ay si Pedro? Ang mga yaon ba na katulad ni Pedro ay mayroon lamang ng kaalaman ngunit hindi ang pagsasabuhay? Ngayon, ano ang kundisyon na kinakailangan sa tao upang isabuhay ang totoong buhay? Ang mga panalangin ba ni Pedro ay mga salita lamang na lumabas sa kanyang bibig? Hindi ba't ang mga iyon ay mga salitang mula sa kaibuturan ng kanyang puso? Si Pedro ba ay nanalangin lamang, at hindi isinasagawa ang katotohanan? Para kaninong pakinabang ang iyong paghahabol? Paano ka dapat

tumanggap ng proteksyon at paglilinis sa panahon ng pagkastigo at paghatol ng Diyos? Hindi ba kapaki-pakinabang sa tao ang pagkastigo at paghatol ng Diyos? Ang lahat ba ng paghatol ay kaparusahan? Maaari bang tanging ang kapayapaan at kagalakan, tanging mga materyal na pagpapala at panandaliang kaginhawahan, ang kapaki-pakinabang sa buhay ng tao? Kung ang tao ay nabubuhay sa kaaya-aya at maginhawang kapaligiran, isang buhay na walang paghatol, malilinis ba siya? Kung nais ng tao na siya ay mabago at malinis, paano niya tatanggapin ang pagiging nagawang perpekto? Alin ang landas na dapat mong piliin ngayon?

Kailangan Ninyong Maunawaan ang Gawain— Huwag Kayong Sumunod Nang May Pagkalito!

Sa kasalukuyan, maraming tao ang naniniwala sa paraang lito. Labis ang inyong kuryosidad, labis ang pagnanasa sa mga pagpapala, at napakaliit ang mithiing hanapin ang buhay. Ang mga tao ngayon ay puno ng sigasig sa paniniwala nila kay Jesus. Ibabalik sila ni Jesus sa tahanan sa langit, kaya paano sila hindi maniniwala? May mga taong sumasampalataya nang kanilang buong buhay; kahit apatnapu o limampung taon nang sumasampalataya, hindi pa rin sila nagsasawang magbasa ng Bibliya. Ito ay dahil iniisip nila^a na anuman ang mangyari, hangga't sila ay naniniwala, makakapasok sila sa langit. Ilang taon pa lang kayong sumusunod sa Diyos sa landas na ito, subalit kayo ay nanghina na; nawala na ang inyong pagtitiis, dahil masyadong matindi ang inyong pagnanasang magkamit ng mga pagpapala. Ang paglalakad ninyo sa tunay na daang ito ay impluwensiya ng inyong pagnanasang makakuha ng mga pagpapala at ng inyong kuryosidad. Wala kayong kahit kaunting pagkaunawa tungkol sa yugtong ito ng gawain. Marami sa sinasabi Ko ngayon ay hindi patungkol sa mga naniniwala kay Jesus, hindi Ko rin ito sinasabi upang salungatin lang ang kanilang mga kuru-kuro. Sa katunayan, itong mga kuru-kurong inilalantad ang mismong mga pagkaunawa na umiiral sa loob ninyo, dahil hindi ninyo nauunawaan kung bakit isinantabi ang Bibliya, kung bakit Ko sinasabi na naging luma na ang gawain ni Jehova, o bakit Ko sinasabi na naging luma na ang gawain ni Jesus. Ang totoo ay marami kayong kuru-kuro na hindi pa ninyo nasasabi, at marami ring pananaw na nakatago sa kaibuturan ng inyong mga puso, at sumusunod lang kayo sa karamihan. Akala ba talaga ninyo ay kakaunti ang inyong mga kuru-kuro? Hindi lang ninyo sinasalita ang mga iyon! Ang totoo, paimbabaw lang kayong sumusunod sa Diyos, ni hindi man lang ninyo hinahanap ang tunay na daan at hindi ninyo intensiyong magkamit ng buhay. Ang saloobin ninyo ay ang kagustuhan lang na makita kung anong mangyayari. Dahil hindi pa ninyo nabibitiwan ang marami sa inyong mga dating kuru-kuro, walang sinuman sa inyo ang nagawang mag-alay nang lubos ng

^a Wala sa orihinal na teksto ang pariralang “iniisip nila.”

inyong sarili. Nang makarating na sa puntong ito, patuloy pa rin kayong nag-aalala sa inyong sariling kapalaran, isip nang isip araw at gabi, hindi iyon mapakawalan. Akala mo ba, kapag binabanggit Ko ang mga Pariseo, ang “matatandang lalaki” sa relihiyon ang tinutukoy Ko? Hindi ba kayo mismo ay mga kinatawan ng pinakaprogresibong mga Pariseo ng kasalukuyang kapanahunan? Akala mo ba kapag binabanggit Ko ang mga taong nagkukumpara sa Akin sa Bibliya, ang tinutukoy Ko lang ay yaong mga eksperto sa Bibliya sa mga relihiyosong grupo? Naniniwala ka ba na kapag binabanggit Ko yaong mga muling nagpapako sa Diyos sa krus, ang mga pinuno ng mga relihiyosong grupo ang tinutukoy Ko? Hindi ba kayo ang pinakamagagaling na artista para gumanap sa papel na ito? Akala mo ba lahat ng salitang Aking ipinapahayag upang salungatin ang mga kuru-kuro ng mga tao ay panunuya lamang sa mga pastor at matatanda sa relihiyon? Hindi ba nakibahagi rin kayo sa lahat ng bagay na ito? Kumbinsido ka ba na kakaunti lang ang inyong mga kuru-kuro? Natuto na lang kayong lahat na maging napakatalino ngayon. Hindi ninyo pinag-uusapan ang mga bagay na hindi ninyo nauunawaan o inilalantad ang inyong mga damdamin tungkol sa mga iyon, ngunit wala talaga sa loob ninyo ang pusong may paggalang at pagpapasakop. Sa palagay ninyo, ang pag-aaral, pagmamasid, at paghihintay ang pinakamabuti ninyong paraan ng pagsasagawa sa ngayon. Natuto na kayong maging napakatalino. Ngunit napapagtanto ba ninyo na isa itong uri ng tusong sikolohiya? Akala ba ninyo na ang sandali ninyong katalinuhan ay makatutulong sa inyong makatakas sa walang-hanggang pagkastigo? Natuto na kayong maging masyadong “marunong”! Isa pa, may ilang taong nagtatanong sa Akin ng mga bagay na tulad nito: “Balang araw, kapag tinanong ako ng mga relihiyosong tao, ‘Bakit hindi gumawa ang inyong Diyos ng kahit isang himala?’ paano ako magpapaliwanag?” Sa ngayon, hindi lang iyon isang bagay na itatanong ng mga tao sa mga relihiyosong grupo; kundi hindi mo rin nauunawaan ang gawain ngayon, at namumuhay ka sa napakaraming kuru-kuro. Hindi mo pa rin ba alam kung sino ang tinutukoy Ko kapag binabanggit Ko ang mga pinuno ng relihiyon? Hindi mo ba alam kung para kanino Ko ipinaliliwanag ang Bibliya? Hindi mo ba alam kung para kanino Ako nagsasalita kapag Aking inilalarawan ang tatlong yugto ng gawain ng Diyos? Kung hindi Ko sasabihin ang mga bagay na iyon, ganoon ba kayo kadalang makukumbinsi? Ganoon ba kayo kadalang yuyuko? Ganoon ba ninyo kadalang isasantabi yaong mga dati ninyong kuru-kuro? Lalo na yaong “matatapang na lalaki” na kailanman ay hindi nagpasakop kahit kanino—ganoon ba sila kadalang magpapasakop? Nalalaman Ko na bagaman mababa ang uri ng inyong pagkatao at napakahina ng inyong kakayahan, may di-hustong mga utak, at hindi pa gaanong matagal na naniniwala sa Diyos, ang totoo ay marami kayong kuru-kuro, at likas ninyong kalikasan ang hindi basta-basta magpasakop kaninuman. Subalit ngayon, nakakapagpasakop kayo dahil kayo ay napipilitan at walang magawa; kayo ay mga tigre na nasa kulungang bakal, hindi magamit nang malaya ang inyong mga kasanayan. Kahit kayo ay may mga pakpak, mahihirapan kayong lumipad. Sa kabila ng hindi pagkakaloob sa inyo ng mga pagpapala, handa pa rin kayong sumunod.

Gayunman, hindi ninyo ito kagitingan bilang “mabubuting tao”; kundi dahil kayo ay lubusan nang nalugmok at hindi na ninyo alam kung ano ang inyong gagawin. Ito ay dahil inilugmok na kayo ng lahat ng gawaing ito. Kung mayroon lang anumang bagay na kaya ninyong makamit, hindi kayo magiging ganyan kamasunurin ngayon, sapagkat noon, lahat kayo ay mga ligaw na asno sa ilang. Sa gayon, ang sinasabi ngayon ay hindi lamang patungkol sa mga tao sa sari-saring mga relihiyon at mga denominasyon, hindi rin upang salungatin lang ang kanilang mga kuru-kuro; kundi upang salungatin ang inyong mga kuru-kuro.

Nagsimula na ang paghatol ng katuwiran. Magsisilbi pa rin ba ang Diyos na isang handog para sa kasalanan para sa mga tao? Magiging dakilang manggagamot ba Siya muli para sa kanila? Wala bang awtoridad ang Diyos na higit pa rito? Isang grupo na ng tao ang nagawang ganap, at nadala sa harap ng luklukan; magpapalayas pa rin ba Siya ng mga demonyo at magpapagaling ng maysakit? Hindi ba napakamakaluma noon? Magiging posible ba ang patotoo kapag nagpatuloy ito? Mapapako ba ang Diyos sa krus magpakailanman dahil minsan na Siyang napako sa krus? Maaari bang magpalayas Siya minsan ng mga demonyo at paulit-ulit silang palayasin magpakailanman? Hindi ba ito maituturing na kahihiyan? Uusad lang ang kapanahunan kapag mas mataas na ang yugto ng gawaing ito sa nauna, at pagkatapos ay darating na ang mga huling araw, at magiging panahon na para matapos ang kapanahunang ito. Samakatuwid, dapat bigyang-pansin ng mga taong naghahanap sa katotohanan ang pag-aarok sa mga pangitain; ito ang pundasyon. Sa tuwing nagbabahagi Ako sa inyo tungkol sa mga pangitain, palagi Akong may nakikitang nakakatulog at napipikit, ayaw makinig. May ibang nagtatanong, “Bakit hindi ka nakikinig?” Sumasagot sila, “Hindi ito nakakatulong sa aking buhay o sa aking pagpasok sa realidad. Ang nais namin ay ang mga daan ng pagsasagawa.” Sa tuwing nagsasalita Ako tungkol sa gawain sa halip na mga daan ng pagsasagawa, sinasabi nila, “Sa sandaling magsalita Ka tungkol sa gawain, nagsisimula akong makatulog.” Sa pagsisimula Kong magsalita tungkol sa mga daan ng pagsasagawa, nagsisimula silang magsulat, at kapag bumabalik Ako sa pagpapaliwanag sa gawain, hindi na naman sila nakikinig. Alam ba ninyo kung ano ang dapat ninyong taglayin ngayon? Ang isang aspeto noon ay may kinalaman sa mga pangitain tungkol sa gawain, at ang isa pang aspeto ay ang iyong pagsasagawa. Dapat mong maunawaan ang parehong aspetong ito. Kung wala kang mga pangitain sa iyong pakikipagsapalaran para umunlad sa buhay, hindi ka magkakaroon ng pundasyon. Kung mga daan lang ng pagsasagawa ang taglay mo, nang wala ni katiting na pangitain, at walang anumang pagkaunawa tungkol sa gawain ng buong plano ng pamamahala, wala kang kwenta. Kailangan mong maunawaan ang mga katotohanan na may kinalaman sa mga pangitain, at tungkol naman sa mga katotohanang may kaugnayan sa pagsasagawa, kailangan mong makakita ng mga angkop na landas ng pagsasagawa pagkatapos mong maunawaan ang mga iyon; kailangan mong magsagawa nang naaayon sa mga salita, at pumasok ayon sa iyong

mga kondisyon. Ang mga pangitain ang pundasyon, at kapag hindi mo binigyang-pansin ang katotohanang ito, hindi ka makakasunod hanggang sa huli; ang makaranas sa ganoong paraan ay magliligaw sa iyo o magsasanhi sa iyong madapa at mabigo. Hinding-hindi ka magtatagumpay! Ang mga taong hindi mga dakilang pangitain ang mga pundasyon ay maaari lamang mabigo; hindi sila makapagtatagumpay. Hindi mo kayang manindigan! Alam mo ba kung ano ang kalakip ng paniniwala sa Diyos? Alam mo ba kung ano ang ibig sabihin ng sinusundan ang Diyos? Kung walang mga pangitain, anong landas ang iyong lalakaran? Sa gawain sa kasalukuyan, kung wala kang mga pangitain, hiding-hindi ka magagawang ganap. Kanino ka ba naniniwala? Bakit ka naniniwala sa Kanya? Bakit ka sumusunod sa Kanya? Tingin mo ba ang iyong pananampalataya ay isang uri ng laro? Hinaharap mo ba ang iyong buhay na parang isang uri ng laruan? Ang Diyos ng kasalukuyan ang pinakadakilang pangitain. Gaano karami ang alam mo tungkol sa Kanya? Gaano karami ang nakita mo na tungkol sa Kanya? Yamang nakita mo na ang Diyos ng kasalukuyan, matibay ba ang pundasyon ng iyong paniniwala sa Diyos? Sa palagay mo ba ay magtatamo ka ng kaligtasan basta't sumusunod ka sa magulong paraang ito? Palagay mo ba ay makakahuli ka ng isda sa maputik na tubig? Ganoon ba iyon kasimple? Gaano na ba karaming kuru-kurong may kinalaman sa mga salitang ipinapahayag ngayon ng Diyos ang naiwaksi mo na? May pangitain ka ba ng Diyos ng kasalukuyan? Saan nakabatay ang iyong pagkaunawa sa Diyos ng kasalukuyan? Lagi kang naniniwala na matatanggap mo Siya^b sa pamamagitan lang ng pagsunod sa Kanya, o makita mo lang Siya, at wala nang sinuman ang makapagpapaalis sa iyo. Huwag mong akalain na napakadali lang ng pagsunod sa Diyos. Ang susi ay kailangan mo Siyang makilala, kailangan mong malaman ang gawain Niya, at kailangan mong magkaroon ng kagustuhang magtiis ng paghihirap alang-alang sa Kanya, isakripisyo ang iyong buhay para sa Kanya, at magawa Niyang perpekto. Ito ang pangitain na dapat mong taglay. Hindi maaari na laging nakatuon lang ang isip mo sa pagtatamasa ng biyaya. Huwag mong ipagpalagay na narito ang Diyos para lang sa kasiyahan ng mga tao, o upang magkaloob lang ng biyaya sa kanila. Magiging mali ka! Kung hindi maitataya ng isa ang kanyang buhay upang sumunod sa Kanya, at kung hindi maiiwanan ng isa ang lahat ng kanyang pag-aari sa mundo upang sumunod, tiyak na hindi nila makakayang sumunod hanggang sa huli! Kailangang mga pangitain ang iyong pundasyon. Kung isang araw ay dumating sa iyo ang kasawian, ano ang dapat mong gawin? Magagawa mo pa rin bang sumunod sa Kanya? Huwag mong basta sabihin kung makakasunod ka hanggang sa huli. Mas mabuting imulat mo muna nang maigi ang iyong mga mata upang makita kung ano ang panahon ngayon. Bagaman sa kasalukuyan, maaaring kayo ay tulad ng mga haligi ng templo, darating ang isang sandali kung kailan lahat ng gayong haligi ay ngangatngatin ng mga uod, na magdudulot ng pagguho ng templo, dahil sa kasalukuyan,

^b Wala sa orihinal na teksto ang salitang "Siya."

napakaraming pangitain ang kulang sa inyo. Pinag-uukulan lang ninyo ng pansin ang sarili ninyong maliliit na mundo, at hindi ninyo alam kung ano ang pinakamaasahan at pinakaangkop na paraan ng paghahanap. Hindi ninyo pinapansin ang pangitain ng gawain sa kasalukuyan, hindi rin ninyo isinasapuso ang mga bagay na ito. Naisip na ba ninyo na isang araw ilalagay kayo ng inyong Diyos sa isang lubos na di-pamilyar na lugar? Maguguni-guni ba ninyo kung anong mangyayari sa inyo isang araw kung kailan maaari Kong agawin ang lahat sa inyo? Magiging pareho ba ang kalakasan ninyo sa araw na iyon sa ngayon? Muli bang lilitaw ang inyong pananampalataya? Sa pagsunod sa Diyos, kailangan ninyong malaman itong pinakadakilang pangitain na ang “Diyos”: Ito ang pinakamahalagang usapin. Isa pa, huwag ninyong ipagpalagay na kapag humiwalay kayo sa makamundong mga tao para maging banal, mapapabilang na agad kayo sa pamilya ng Diyos. Sa panahong ito, ang Diyos Mismo ang gumagawa sa gitna ng sangnilikha; Siya ang naparito sa gitna ng mga tao upang gawin ang Kanyang sariling gawain—hindi ang magsagawa ng mga kampanya. Sa inyo, wala ni isang dakot ang nagagawang malaman na ang gawain sa kasalukuyan ay ang gawain ng Diyos sa langit na nagkatawang-tao. Hindi ito tungkol sa paggawa sa inyo na maging mga pambihirang taong may talento; ito ay upang tulungan kayong malaman ang kabuluhan ng buhay ng tao, malaman ang hantungan ng mga tao, at makilala ang Diyos at ang Kanyang kabuuan. Dapat mong malaman na isa kang gamit na nilikha sa mga kamay ng Lumikha. Ang dapat mong maunawaan, ang dapat mong gawin, at kung paano mo dapat sundin ang Diyos—hindi ba’t ang mga ito ang mga katotohanang kailangan mong maintindihan? Hindi ba’t ang mga ito ang mga pangitaing dapat mong makita?

Kapag nagkaroon na ng mga pangitain ang mga tao, may pundasyon na sila. Kapag nagsasagawa ka batay sa pundasyong ito, mas magiging madali ang pagpasok. Dahil dito, hindi ka magkakaroon ng mga alinlangan sa sandaling magkaroon ka ng pundasyon sa pagpasok, at magiging napakadali para sa iyo ang pumasok. Ang aspetong ito ng pag-unawa sa mga pangitain at ng pag-unawa sa gawain ng Diyos ay napakahalaga; kailangan mayroon kayo nito sa inyong imbakan. Kung wala sa iyo ang aspetong ito ng katotohanan, at kaya mo lang makipag-usap tungkol sa mga daan ng pagsasagawa, ikaw ay magiging labis na depektibo. Aking natuklasan na marami sa inyo ang hindi binibigyang-diin ang aspetong ito ng katotohanan, at kapag pinakikinggan ninyo ito, tila mga salita at doktrina lang ang pinakikinggan ninyo. Isang araw, ikaw ay mawawalan. May mga pahayag ngayon na hindi mo lubos na nauunawaan at hindi mo tinatanggap; sa gayong mga kaso, dapat kang matiyagang maghanap, at darating ang araw kung kailan iyong mauunawaan. Unti-unti mong sangkapan ang iyong sarili ng parami nang paraming pangitain. Kahit kaunting espirituwal na doktrina lang ang nauunawaan mo, mas mabuti pa rin iyon kaysa sa hindi pagbibigay-pansin sa mga pangitain, at mas mabuti pa rin iyon kaysa sa walang kahit anong nauunawaan. Lahat ng ito ay makatutulong sa iyong pagpasok, at aalisin ang iyong mga pag-aalinlangan. Mas mabuti iyon kaysa sa mapuno ka ng mga kuru-kuro. Mas mapapabuti ka kung ang mga pangitaing ito ang

iyong pundasyon. Hindi ka magkakaroon ng anumang pag-aalinlangan, at magagawa mong pumasok nang matapang at malakas ang loob. Bakit ka mag-aabalang palaging sumunod sa Diyos sa gayong lito at nag-aalinlangang paraan? Hindi ba't pareho lang iyon sa pagbubulag-bulagan? Anong sarap maglakad papasok sa kaharian nang may kumpiyansa at lakas ng loob! Bakit kailangang mapuno ng pag-aalinlangan? Hindi ba't pinagdurusa mo lang nang labis ang sarili mo? Kapag nagkamit ka na ng pagkaunawa sa gawain ni Jehova, sa gawain ni Jesus, at sa yugtong ito ng gawain, magkakaroon ka ng pundasyon. Sa ngayon, maaaring akala mo ay napakasimple nito. May ilang taong nagsasabi, "Kapag dumating ang panahon na sinimulan na ng Banal na Espiritu ang dakilang gawain, makakapagsalita ako tungkol sa lahat ng bagay na ito. Ang katotohanang hindi ako tunay na nakauunawa sa ngayon ay dahil hindi pa ako gaanong naliwanagan ng Banal na Espiritu." Hindi iyon ganoon kadali. Hindi iyon gaya ng kung handa kang tanggapin ang katotohanan^c ngayon, ay magagamit mo iyon nang mahusay pagdating ng panahon. Hindi naman iyon ganoon! Naniniwala kang sapat na ang taglay mo ngayon, at hindi magiging problema sa iyo ang tumugon sa mga relihiyosong taong iyon at sa pinakadakilang mga teorista, at mapabubulaanan pa nga sila. Makakaya mo ba talagang gawin iyon? Anong pagkaunawa ang maipapahayag mo, kung ang mababaw na karanasang iyan lang ang mayroon ka? Ang pagtataglay ng katotohanan, pakikipaglaban sa laban ng katotohanan, at pagpapatotoo sa pangalan ng Diyos ay hindi ang iniisip mo—na hangga't gumagawa ang Diyos, ang lahat ay magagawa. Sa panahong iyon, maaari kang malito ng isang tanong, at pagkatapos ay hindi makapagsalita. Ang susi ay kung ikaw ay mayroon o walang malinaw na pagkaunawa sa yugtong ito ng gawain, at kung gaano karami ang alam mo talaga tungkol dito. Kung hindi mo mapagtatagumpayan ang mga puwersa ng kaaway o matatalo ang mga puwersa ng relihiyon, hindi ka ba mawawalan ng silbi? Naranasan mo na ang gawain sa kasalukuyan, nakita iyon ng sarili mong mga mata, at narinig iyon ng sarili mong mga tainga, ngunit, kung sa huli, hindi ka makapagpatotoo, magkakaroon ka pa ba ng lakas ng loob na patuloy na mabuhay? Sino ang makakaya mong harapin? Huwag mo na ngayong isipin na magiging ganoon iyon kasimple. Ang gawain sa hinaharap ay hindi magiging kasingsimple ng inaakala mo; hindi ganoon kadali ang pakikipaglaban sa digmaan ng katotohanan; hindi ganoon kasimple. Ngayon kailangan mong masangkapan; kung wala sa iyo ang katotohanan, kapag dumating ang panahon na hindi gumawa ang Banal na Espiritu sa mapaghimalang paraan, ikaw ay malilito.

^c Wala sa orihinal na teksto ang pariralang "ang katotohanan."

Paano Mo Dapat Tahakin ang Huling Bahagi ng Landas

Kayo ngayon ay nasa huling bahagi ng landas, at ito ay isang kritikal na bahagi ng landas. Marahil ay maraming pagdurusa na ang natiis mo, maraming gawain ka nang nagawa, maraming daan ka nang nalakbay, at maraming sermon ka nang narinig; marahil ay hindi naging madaling marating ang narating mo ngayon. Kung hindi mo matiis ang pagdurusang kinakaharap mo sa kasalukuyan at kung magpapatuloy kang tulad ng ginawa mo noon, hindi ka magagawang perpekto. Hindi layon ng mga salitang ito na takutin ka—totoo ang mga ito. Pagkatapos sumailalim si Pedro sa maraming gawain ng Diyos, nagkaroon siya ng kabatiran sa ilang bagay, gayundin ng malaking pagkahiwatig. Naunawaan niya ang maraming bagay tungkol sa prinsipyo ng paglilingkod, at kalaunan ay nagawa niyang ganap na italaga ang kanyang sarili sa ipinagkatiwala sa kanya ni Jesus. Karamihan sa malaking pagpipinong kanyang tinanggap ay dahil, para sa mga bagay na nagawa niya mismo, naramdaman niya na malaki ang pagkakautang niya sa Diyos, at na hindi niya kailanman magagawang suklian Siya. Napansin din ni Pedro na ang tao ay masyadong tiwali, kaya nabagabag ang kanyang konsiyensya. Maraming nasabi si Jesus kay Pedro, ngunit sa panahong sinabi ang mga bagay na ito, kakaunti lamang ang kaya niyang unawain, at kung minsan ay nagkimkim pa siya ng kaunting paglaban at pagkasuwail. Matapos ipako sa krus si Jesus, nagkaroon siya sa wakas ng kaunting pagkamulat, at sa kanyang kalooban ay nadama niya ang matitinding kirot ng pagsisisi sa kanyang sarili. Sa huli, umabot ito sa punto kung saan nadama niya na hindi katanggap-tanggap na magkaroon ng anumang mga ideya na mali. Alam na alam niya ang sarili niyang kalagayan, at alam din niya ang kabanalan ng Panginoon. Dahil dito, mas nagkaroon siya ng pagmamahal sa kanyang puso para sa Panginoon, at mas nagtuon siya sa kanyang sariling buhay. Dahil dito ay nagdanas siya ng matitinding hirap, at bagama't paminsan-minsan ay parang nagkaroon siya ng malubhang karamdaman at nagmistula pang patay, matapos siyang mapino nang maraming beses sa ganitong paraan, mas naunawaan niya ang kanyang sarili, at nagkaroon siya ng tunay na pagmamahal para sa Panginoon. Masasabi na ang kanyang buong buhay ay ginugol sa pagpipino, at higit pa rito, sa pagkastigo. Ang kanyang karanasan ay naiiba sa karanasan ng sinumang iba pang tao, at ang kanyang pagmamahal ay higit pa sa kaninumang hindi pa nagagawang perpekto. Kaya siya piniling huwaran ay dahil naranasan niya ang pinakamatinding sakit sa kanyang buong buhay, at ang kanyang mga karanasan ay napakamatagumpay. Kung nagagawa ninyo talagang tahakin ang huling bahagi ng landas na kagaya ni Pedro, walang sinumang nilalang ang makakaagaw sa inyong mga pagpapala.

Si Pedro ay isang taong may konsiyensya, ngunit kahit gayon ang kanyang pagkatao, hindi maiwasang nagkaroon siya ng maraming salungat at masuwaying ideya noong panahon na una siyang nagsimulang sumunod kay Jesus. Ngunit habang sinusunod niya si Jesus, hindi niya sineryoso ang mga bagay na ito, sa paniniwala na

talagang ganito lang dapat ang mga tao. Kaya, noong una hindi siya nakadama ng anumang pagsisisi at ni hindi siya pinakitunguhan. Hindi sineryoso ni Jesus ang mga reaksiyon ni Pedro, ni hindi Niya pinansin ang mga iyon, kundi nagpatuloy lamang Siya sa gawaing dapat Niyang gawin. Hindi Niya hinanapan ng mali si Pedro at ang iba kailanman. Maaari mong sabihing: “Maaari kayang hindi alam ni Jesus ang mga ideya nilang ito?” Hindi talaga! Ito ay dahil naunawaan Niya talaga si Pedro—totoo, masasabi na mayroon Siyang malaking pagkaunawa tungkol sa kanya—na hindi gumawa ng anumang mga hakbang si Jesus laban sa kanya. Kinasuklanan Niya ang sangkatauhan ngunit nahabag din Siya sa kanila. Hindi ba maraming tao sa inyo ngayon ang lumalaban kagaya lamang ni Pablo, at nagtataglay ng maraming kuru-kuro na kagaya ni Pedro tungkol sa Panginoong Jesus noong panahong iyon? Sinasabi Ko sa iyo, higit na makabubuti kung hindi ka gaanong maniwalala sa iyong ikatlong pandama, sa iyong paghiwatig, na hindi maasahan at matagal nang lubos na winasak ng pagtitiwali ni Satanas. Sa palagay mo ba perpekto at walang mali ang iyong paghiwatig? Maraming beses nilabanan ni Pablo ang Panginoong Jesus, ngunit walang reaksiyon si Jesus. Maaari kayang napagaling ni Jesus ang maysakit at napalayas ang mga demonyo, subalit hindi Niya napatalsik ang “demonyo” kay Pablo? Bakit matapos mabuhay na mag-uli si Jesus at umakyat sa langit, habang patuloy na walang-habas na inaresto ni Pablo ang mga disipulo ni Jesus, saka lamang nagpakita si Jesus sa kanya sa daan patungong Damasco at pinabagsak siya? Maaari kayang napakabagal ng pagtugon ng Panginoong Jesus? O dahil wala Siyang anumang awtoridad habang Siya ay nasa katawang-tao? Akala mo ba hindi Ko alam kapag lihim kang mapanira at lumalaban habang nakatalikod Ako? Akala mo ba magagamit mo ang maliliit na piraso ng kaliwanagang nakukuha mo mula sa Banal na Espiritu upang labanan Ako? Noong hindi pa hinog ang isipan ni Pedro, nagkimkim siya ng maraming ideya tungkol kay Jesus, kaya bakit hindi siya sinisi? Sa ngayon, maraming taong gumagawa ng mga bagay nang hindi nasisisi, at kahit malinaw silang sinabihan na mali ang kanilang ginagawa, hindi pa rin sila nakikinig. Hindi ba lahat ng iyan ay dahil sa pagkasuwail ng tao? Marami na Akong nasabi ngayon, ngunit hindi ka pa rin nakokonsiyensya ni katiting, kaya paano mo matatahak ang huling bahagi ng landas, na patuloy na makatahak hanggang sa dulo ng landas? Hindi mo ba nadarama na napakalaking usapin nito?

Matapos malupig ang mga tao, nagagawa nilang sundin ang mga pagsasaayos ng Diyos; mayroon sila kapwa ng pananampalataya at kagustuhang mahalin ang Diyos, at umasa sa mga ito upang sundan Siya. Kaya paano matatahak ang huling bahagi ng landas? Sa mga panahon ng iyong pagdanas ng matinding paghihirap, kailangan mong tiisin ang lahat ng hirap, at kailangan mong gustuhing magdusa; sa paraang ito mo lamang matatahak na mabuti ang bahaging ito ng landas. Akala mo ba napakadaling tahakin ng bahaging ito ng landas? Dapat mong malaman kung anong tungkulin ang dapat mong tuparin; kailangan ninyong dagdagan ang inyong kakayahan at sangkapan ang inyong sarili ng sapat na katotohanan. Hindi natatapos ang gawaing ito sa loob ng

isa o dalawang araw, at hindi ito kasindali ng inaakala mo! Ang pagtahak sa huling bahagi ng landas ay nakasalalay sa uri ng pananampalataya at kagustuhang taglay mo talaga. Marahil ay hindi mo makita ang Banal na Espiritu na gumagawa sa iyo, o marahil ay hindi mo nagagawang matuklasan ang gawain ng Banal na Espiritu sa iglesia, kaya negatibo ka at puno ng kawalang-pag-asa sa landas na iyong tatahakin. Partikular na, ang dakilang mga mandirigma noong araw ay bumagsak na lahat—hindi ba lahat ng ito ay isang dagok sa iyo? Paano mo dapat tingnan ang mga bagay na ito? Mayroon ka bang pananampalataya, o wala? Lubos mo bang nauunawaan ang gawain ngayon, o hindi? Ang mga bagay na ito ay maaaring matukoy kung kaya mong tahakin nang husto ang huling bahagi ng landas.

Bakit sinasabi na nasa huling bahagi na kayo ngayon ng landas? Ito ay dahil naunawaan ninyo ang lahat ng bagay na dapat ninyong maunawaan, at dahil sinabi Ko na sa inyo ang lahat ng dapat makamit ng mga tao. Sinabi Ko na rin sa inyo ang lahat ng naipagkatiwala sa inyo. Kaya, ang inyong tinatahak ngayon ay ang huling bahagi ng landas kung saan Ko inaakay ang mga tao. Hinihiling Ko lamang na magkaroon kayo ng kakayahang mabuhay na mag-isa; magkakaroon ka palagi ng landas na tatahakin sa lahat ng oras, daragdagan mo ang iyong kakayahan tulad ng dati, babasahin nang normal ang mga salita ng Diyos, at mamumuhay nang normal. Inaakay kita ngayong mamuhay sa ganitong paraan, ngunit sa hinaharap kapag hindi Kita inaakay, magagawa mo pa rin kaya iyon? Makakaya mo bang magpatuloy? Ito ang naging karanasan ni Pedro: Noong inaakay siya ni Jesus, wala siyang pagkaunawa; palagi siyang walang iniintindi kagaya ng isang bata, at hindi siya seryoso tungkol sa mga bagay na kanyang ginawa. Nang umalis na si Jesus, saka lamang siya nagsimulang mamuhay nang normal bilang tao. Nagsimula lamang ang kanyang makabuluhang buhay nang umalis na si Jesus. Kahit taglay niya ang ilang pandama ng normal na pagkatao at ang ilan sa mga bagay na dapat taglayin ng isang normal na tao, magkagayunma’y hindi nagkaroon ng bagong simula ang kanyang tunay na karanasan at patuloy na pagsisikap hanggang sa umalis si Jesus. Ano ang inyong kasalukuyang sitwasyon? Inaakay kita ngayon sa ganitong paraan, at iniisip mo na kamangha-mangha ito. Walang mga sitwasyon at pagsubok na dumarating sa iyo, subalit sa ganitong paraan walang paraan para makita kung anong uri ng tayog talaga ang taglay mo, ni walang anumang paraan para makita kung talagang ikaw ay isang taong patuloy na naghahanap sa katotohanan. Sinasabi ng iyong bibig na nauunawaan mo ang iyong sariling diwa, ngunit hungkag ang mga salitang ito. Sa hinaharap, kapag sumapit sa iyo ang mga katotohanan, saka lamang mapapatunayan ang iyong pagkaunawa. Ngayon, ganito ang uri ng pagkaunawa mo: “Nauunawaan ko na ang sarili kong laman ay napakatiwali, at ang diwa ng laman ng mga tao ay ang maghimagsik at lumaban sa Diyos. Ang magawang tanggapin ang paghatol at pagkastigo ng Diyos ay ang paraan ng Kanyang pagtataas sa mga tao. Naunawaan ko na iyon ngayon, at handa akong suklian ang pagmamahal ng Diyos.” Ngunit madaling sabihin iyan. Kalaunan kapag sumapit sa iyo ang matinding paghihirap,

mga pagsubok, at pagdurusa, hindi magiging madaling pagdaanan ang mga ito. Sinusundan ninyo ang ganitong paraan araw-araw, ngunit hindi pa rin ninyo magawang ipagpatuloy ang inyong karanasan. Magiging mas malala pa ito kung pababayaang kayo at hindi na papansinin; karamihan sa mga tao ay babagsak at magiging isang haligi ng asin, isang tanda ng kahihiyan. Lubhang posible ang gayong mga pangyayari. Hindi ka ba nag-aalala at nababalisa tungkol dito? Pinagdaanan ni Pedro ang ganyang uri ng sitwasyon at naranasan ang ganyang uri ng pagdurusa, ngunit nanindigan pa rin siya. Kung ganoon ang iyong sitwasyon, magagawa mo bang manindigan? Ang mga bagay na sinabi ni Jesus at ang gawaing Kanyang ginawa habang Siya ay nasa lupa ang nagbigay ng pundasyon kay Pedro, at mula sa pundasyong ito siya tumahak sa kanyang landas kalaunan. Maaabot ba ninyo ang antas na iyon? Ang mga landas na natahak mo at ang mga katotohanang naunawaan mo—maaari bang maging pundasyon mo ang mga ito para makapanindigan ka sa hinaharap? Maaari bang maging pangitain mo ang mga ito para makapanindigan kalaunan? Sasabihin Ko sa inyo ang totoo—maaaring sabihin ng isang tao na ang kasalukuyang nauunawaan ng mga tao ay puro mga doktrina. Ito ay dahil wala silang karanasan sa lahat ng bagay na kanilang nauunawaan. Nagagawa mong magpatuloy hanggang ngayon dahil lamang sa naakay ka ng bagong liwanag. Hindi dahil sa nakarating ang iyong tayog sa isang partikular na antas, kundi sa halip ay dahil naakay ka ng Aking mga salita hanggang sa ngayon; hindi dahil sa mayroon kang malaking pananampalataya, kundi sa halip ay dahil sa karunungan ng Aking mga salita, kaya wala kang magagawa kundi sumunod hanggang sa ngayon. Kung hindi Ako magsasalita ngayon, kung hindi Ko iparirinig ang Aking tinig, hindi mo magagawang magpatuloy at agad kang titigil sa pagsulong. Hindi ba ito ang inyong totoong tayog? Wala kayong ideya kung mula saang mga aspeto kayo papasok at kung saang mga aspeto ninyo mapupunan ang inyong kakulangan. Hindi ninyo nauunawaan kung paano magsabuhay ng isang makabuluhang buhay ng tao, kung paano suklian ang pagmamahal ng Diyos, o kung paano magpatotoo sa isang makapangyarihan at matunog na paraan. Lubos kayong walang kakayahang matamo ang mga bagay na ito! Kayo ay kapwa tamad at bobo! Ang nagagawa lamang ninyo ay sumandig sa ibang bagay, at ang sinasandigan ninyo ay bagong liwanag at ang Isa na nasa inyong harapan, na umaakay sa inyo. Kaya mo nagagawang mamalagi hanggang ngayon ay dahil lubos kang umasa sa bagong liwanag at sa pinakabagong mga pahayag. Hindi kayo kagaya ni Pedro, na mahusay sa paghahanap ng tunay na daan, o kagaya ni Job, na nagawang matapat na sumamba kay Jehova at maniwala na si Jehova ang Diyos gaano man siya sinubok ni Jehova, at kung pinagpala man Niya siya o hindi. Kaya mo bang gawin iyon? Paano kayo nalupig? Ang isang aspeto ay paghatol, pagkastigo, at pagsumpa, at ang isa pang aspeto ay ang mga hiwagang lumulupig sa inyo. Kayong lahat ay parang mga asno. Kung hindi sapat ang kadakilaan ng Aking sinasabi para sa inyo, kung walang mga hiwaga, hindi kayo maaaring lupigin. Kung ito ay isang taong nangangaral at iyon at iyon din ang lagi nilang ipinangaral sa loob ng ilang panahon, mag-aalis at magsisikalat

kayong lahat sa loob ng dalawang taon; hindi ninyo magagawang magpatuloy. Hindi ninyo alam kung paano palalimin ang inyong kaalaman, ni hindi ninyo nauunawaan kung paano patuloy na hanapin ang katotohanan o ang daan ng buhay. Ang tangi ninyong nauunawaan ay ang pagtanggap ng isang bagay na tila naiiba para sa inyo, kagaya ng pakikinig tungkol sa mga hiwaga o pangitain, o kung paano dating gumagawa ang Diyos, o tungkol sa mga karanasan ni Pedro, o ang kuwento sa likod ng pagpapako kay Jesus sa krus.... Handa lamang kayong makinig tungkol sa mga bagay na ito, at habang lalo kayong nakikinig, lalo kayong sumisigla. Nakikinig lamang kayo sa lahat ng ito upang mapawi ang inyong kalungkutan at pagkainip! Ang inyong buhay ay tinutustusang lahat ng naiibang mga bagay na ito. Akala mo ba narating mo ang kinalalagyan mo ngayon sa pamamagitan ng iyong sariling pananampalataya? Hindi ba ito ang hamak at kahabag-habag na tayog na taglay ninyo? Nasaan ang inyong dangal? Nasaan ang inyong pagkatao? Taglay ba ninyo ang buhay ng tao? Ilan sa mga elemento ang taglay ninyo para magawang perpekto? Hindi ba totoo ang sinasabi Ko? Nagsasalita Ako at gumagawa sa ganitong paraan, ngunit halos hindi pa rin ninyo Ako pinapansin. Habang kayo ay sumusunod, nanonood din kayo. Palagi kayong nagpapakita ng pagwawalang-bahala, at kailangan pa kayong pilitin palagi. Ganito kayo nagpatuloy na lahat; ang tanging nag-akay sa inyo sa inyong kinaroroonan ngayon ay ang pagkastigo, pagpipino, at pagtutuwid. Kung ilang sermon lamang tungkol sa pagpasok sa buhay ang ipinangaral, hindi kaya matagal na kayong nangawalang lahat? Mas masungit ang bawat isa sa inyo kaysa noon, ngunit ang totoo ay walang ibang laman ang inyong tiyan kundi puro maruming tubig! Nagawa mo lamang mamalagi hanggang ngayon dahil naunawaan mo ang iilang hiwaga, ilang bagay na hindi naunawaan ng mga tao noong araw. Wala kayong dahilan para hindi sumunod, kaya ngayon pa lamang ninyo nagawang patatagin ang inyong sarili at sumunod sa karamihan. Ito lamang ang resultang natamo sa pamamagitan ng Aking mga salita, at tiyak na hindi ito isang gawaing kayo mismo ang nakagawa. Wala kayong maipagyayabang. Kaya, sa yugtong ito ng gawain, kayo ay naakay sa panahong ito una sa lahat sa pamamagitan ng mga salita. Kung hindi, sino kaya sa inyo ang may kakayahang sumunod? Sino kaya ang magagawang magpatuloy hanggang ngayon? Noon pa man ay gusto na ninyong umalis sa unang posibleng sandali, ngunit hindi kayo nangahas; wala kayong lakas ng loob. Hanggang ngayon, bantulot pa rin kayong sumusunod.

Matapos ipako sa krus at umalis si Jesus, saka lamang nagsimulang tumahak si Pedro sa kanyang sariling daan at nagsimulang tumahak sa landas na nararapat niyang tahakin; nagsimula lamang siyang masangkapan matapos niyang makita ang kanyang sariling mga kakulangan at pagkukulang. Nakita niya na kakatiting ang kanyang pagmamahal sa Diyos at hindi sapat ang kanyang kagustuhang magdusa, na wala siyang anumang kabatiran, at na wala siyang pakiramdam. Nakita niya na maraming bagay sa kanya na hindi naaayon sa kalooban ni Jesus, at na maraming bagay na suwail at lumalaban at nahaluan ng kagustuhan ng tao. Pagkatapos nito, saka lamang siya

nakapasok sa bawat aspeto. Noong si Jesus ang umaakay sa kanya, inilantad ni Jesus ang kanyang kalagayan at inamin ito ni Pedro at sumang-ayon siya sa sinabi ni Jesus, subalit wala pa rin siyang tunay na pagkaunawa hanggang pagkatapos niyon. Iyon ay dahil sa panahong iyon, wala pa siyang anumang karanasan ni kaalaman tungkol sa kanyang sariling tayog. Ibig sabihin, gumagamit na lamang Ako ngayon ng mga salita upang akayin kayo, at imposibleng gawin kayong perpekto sa loob ng maikling panahon, at malilimita kayo sa kakayahang maunawaan at malaman ang katotohanan. Ito ay dahil ang paglupig sa iyo at pagkumbinsi sa puso mo ang kasaluluyang gawain, at pagkatapos malupig ang mga tao, saka lamang gagawing perpekto ang ilan sa kanila. Sa ngayon, ang mga pangitain at katotohanang iyon na nauunawaan mo ay nagtatatag ng pundasyon para sa iyong mga karanasan sa hinaharap; sa matinding paghihirap sa hinaharap magkakaroon kayong lahat ng praktikal na karanasan sa mga salitang ito. Kalaunan, kapag sumapit sa iyo ang mga pagsubok at sumailalim ka sa paghihirap, iisipin mo ang mga salitang sinasabi mo ngayon, na: “Anumang paghihirap, mga pagsubok, o matitinding kalamidad ang aking maranasan, kailangan kong palugurin ang Diyos.” Isipin ang mga karanasan ni Pedro at pagkatapos ay ang mga karanasan ni Job—patitibayin ka ng mga salita ngayon. Sa ganitong paraan lamang mabibigyang-inspirasyon ang iyong pananampalataya. Sa panahong iyon, sinabi ni Pedro na hindi siya karapat-dapat na tumanggap ng paghatol at pagkastigo ng Diyos, at pagdating ng panahon magiging handa ka ring ipakita sa mga tao ang matuwid na disposisyon ng Diyos sa pamamagitan mo. Agad mong tatanggapin ang Kanyang paghatol at pagkastigo, at magiging aliw sa iyo ang Kanyang paghatol, pagkastigo, at sumpa. Ngayon, hindi talaga katanggap-tanggap para sa iyo na hindi masangkapan ng katotohanan. Kung wala ito, hindi mo lamang hindi magagawang manindigan sa hinaharap, kundi baka hindi mo kayang danasin ang kasalukuyang gawain. Kung magkagayon, hindi ka ba magiging isa sa mga yaon na pinalayas at pinarusahan? Sa ngayon, wala pang anumang mga katunayang dumating sa iyo, at natustusan na kita sa alinmang mga aspetong wala sa iyo; nagsasalita Ako mula sa bawat aspeto. Hindi pa talaga kayo nakapagtiis ng maraming pagdurusa; tinatanggap lamang ninyo kung ano ang nariyan nang walang isinasakripisyo, at, higit pa ryan, wala kayong taglay na sarili ninyong tunay na mga karanasan at kabatiran. Kaya, ang inyong nauunawaan ay hindi ang inyong tunay na tayog. Nakalimita kayong makaunawa, makaalam, at makakita, ngunit wala pa kayong gaanong natutuhan. Kung hindi Ko kayo pinag-ukulan ng pansin kailanman kundi pinadaan Ko kayo sa mga karanasan sa inyong sariling tahanan, matagal na sana kayong tumakas pabalik sa malaki at malawak na mundo. Ang landas na inyong tatahakin sa hinaharap ay magiging isang daan ng pagdurusa, at kung matagumpay ninyong tatahakin ang kasalukuyang bahaging ito ng landas, magkakaroon kayo ng patotoo kapag sumailalim kayo sa mas matinding paghihirap sa hinaharap. Kung nauunawaan mo ang kabuluhan ng buhay ng tao at natahak ang tamang landas ng buhay ng tao, at kung sa hinaharap ay magpapasakop ka sa Kanyang mga plano nang walang anumang mga

reklamo o pagpipilian paano ka man pinakikitunguhan ng Diyos, at kung hindi ka hihiling ng anuman sa Diyos, sa ganitong paraan ay magiging isa kang taong may halaga. Sa ngayon, hindi ka pa sumailalim sa matinding paghihirap, kaya masusunod mo ang anuman nang walang pagkakaiba. Sinasabi mo na paano man nag-aakay ang Diyos, mainam ang paraang iyon, at na nagpapasakop ka sa lahat ng Kanyang mga pagsasaayos! Kinakastigo ka man o isinusumpa ng Diyos, magiging handa kang palugurin Siya. Matapos sabihin iyon, ang sinasabi mo ngayon ay hindi kinakailangang kumatawan sa iyong tayog. Kung ano ang handa kang gawin ngayon ay hindi maipapakita na kaya mong sumunod hanggang wakas. Kapag sumapit sa iyo ang matitinding paghihirap o kapag sumasailalim ka sa ilang pag-uusig o pamimilit o maging sa mas matitinding pagsubok, hindi mo magagawang sabihin ang mga salitang iyon. Kung kaya mong taglayin ang gayong uri ng pag-unawa noon at naninindigan ka, ito ang iyong magiging tayog. Ano si Pedro noong panahong iyon? Sabi ni Pedro: “Panginoon, isasakripisyo ko ang aking buhay para sa Iyo. Kung loloobin Mong mamatay ako, mamamatay ako!” Iyon ang paraan ng pagdarasal niya noong panahong iyon. Sinabi rin niya: “Kahit hindi Ka mahal ng iba, kailangan kong mahal in Ka hanggang wakas. Susunod ako sa Iyo sa lahat ng oras.” Iyon ang sinabi niya noon, ngunit nang dumating ang mga pagsubok sa kanya, nabagabag siya at nanangis. Alam ninyong lahat na tatlong beses na ikinaila ni Pedro ang Panginoon, hindi ba? Maraming taong iiyak at magpapakita ng kahinaan ng tao kapag dumarating sa kanila ang mga pagsubok. Hindi ka panginoon ng iyong sarili. Dito, hindi mo mapipigilan ang iyong sarili. Ngayon siguro ay talagang gumagawa ka nang mahusay, ngunit iyon ay dahil angkop ang iyong sitwasyon. Kung magbago iyon bukas, ipapakita mo ang iyong karuwagan at kawalan ng kakayahan, at kung minsan ay maaari mo pang isantabi ang iyong tungkulin at lumayo. Ipinapakita nito na ang naunawaan mo sa panahong iyon ay hindi ang iyong totoong tayog. Kailangang tingnan ng isang tao ang totoong tayog ng isang tao upang makita kung talagang mahal nila ang Diyos, kung nagagawa nila talagang magpasakop sa plano ng Diyos, at kung nagagawa nilang ibigay ang buong lakas nila sa pagsasagawa ng kinakailangan ng Diyos; at kung nananatili silang tapat sa Diyos at ibinibigay nila sa Diyos ang pinakamabuti sa lahat ng bagay, kahit mangahulugan pa ito ng pagsasakripisyo ng kanilang sariling buhay.

Kailangan mong tandaan na ang mga salitang ito ay sinalita na ngayon: Kalaunan, daranas ka ng mas matinding paghihirap at mas matinding pagdurusa! Ang magawang perpekto ay hindi isang simple o madaling bagay. Kahit paano kailangan mong taglayin ang pananampalataya ni Job, o marahil ay mas malaki pang pananampalataya kaysa sa kanya. Dapat mong malaman na ang mga pagsubok sa hinaharap ay magiging mas matindi kaysa sa mga pagsubok kay Job, at na kailangan ka pa ring sumailalim sa pangmatagalang pagkastigo. Simpleng bagay ba ito? Kung hindi madaragdagan ang iyong kakayahan, kung kulang ang iyong kakayahang umunawa, at kung kakaunti ang iyong nalalaman, sa panahong iyon ay hindi ka magkakaroon ng anumang patotoo, kundi ikaw ay magiging isang biro, isang laruan para kay Satanas. Kung hindi mo

mapanghawakan ang mga pangitain ngayon, ni wala ka man lang pundasyon, at ikaw ay iwawaksi sa hinaharap! Walang bahagi ng daan na madaling tahakin, kaya huwag mo itong balewalain. Timbangin mong mabuti ito ngayon at gumawa ng mga paghahanda upang matahak mo nang wasto ang huling bahagi ng landas na ito. Ito ang landas na kailangang tahakin sa hinaharap, ang landas na kailangang tahakin ng lahat ng tao. Huwag mong hayaang mabalewala ang kaalamang ito; huwag mong isipin na nagsasayang lang Ako ng oras sa sinasabi Ko sa iyo. Darating ang araw na magagamit mo sa kabutihan ang lahat ng ito—hindi maaaring sambitin ang Aking mga salita nang walang kabuluhan. Ito ang panahon para sangkapan ang iyong sarili, ang panahon upang ihanda ang daan para sa hinaharap. Dapat mong ihanda ang landas na dapat mong tahakin kalaunan; dapat kang mag-alala at mabalisa tungkol sa kung paano mo magagawang manindigan sa hinaharap, at maghandang mabuti para sa iyong landas sa hinaharap. Huwag maging matakaw at tamad! Kailangan mong gawin talaga ang lahat ng makakaya mo para magamit nang husto ang iyong oras, upang makamit mo ang lahat ng iyong kailangan. Ibinibigay Ko sa iyo ang lahat upang ikaw ay makaunawa. Nakita na ng sarili ninyong mga mata na wala pang tatlong taon, napakarami Ko nang nasabi at napakarami Ko nang nagawa. Ang isang dahilan kaya Ako gumagawa sa ganitong paraan ay dahil napakalaki ng pagkukulang ng mga tao, at ang isa pa ay dahil sa napakaikli ng panahon; hindi na maaaring magkaroon pa ng anumang mga karagdagang pagkaantala. Iniisip mo na kailangan munang makamit ng mga tao ang perpektong kalinawan ng kalooban bago sila makapagpatotoo at makasangkapan—ngunit hindi kaya napakabagal niyon? Kaya, gaano katagal ba kita kailangang samahan? Kung magpapasama ka sa Akin hanggang sa tumanda na Ako at pumuti ang buhok, imposible iyan! Sa pagdanas ng mas matinding paghihirap, makakamtan ang tunay na pagkaunawa sa kalooban ng lahat ng tao. Ito ang mga hakbang ng gawain. Kapag lubos mo nang nauunawaan ang mga pangitaing ating ibinahagi ngayon at nagtamo ka ng tunay na tayog, anumang mga hirap ang danasin mo sa hinaharap ay hindi ka mabibigatan, at magagawa mong tiisin ang mga iyon. Kapag natapos Ko na ang huling hakbang na ito ng gawain at natapos Kong sambitin ang huling mga salita, sa hinaharap ay kakailanganing tahakin ng mga tao ang sarili nilang landas. Tutuparin nito ang mga salitang sinabi Ko noon: Ang Banal na Espiritu ay may isang tagubilin para sa bawat isang tao, at gawaing gagawin sa bawat isang tao. Sa hinaharap, tatahakin ng lahat ang landas na dapat nilang tahakin, na inaakay ng Banal na Espiritu. Sino ang magagawang magmahal sa iba habang nagdaranas ng paghihirap? Bawat indibiduwal ay may sariling pagdurusa, at bawat isa ay may sariling tayog. Walang tayog ninuman ang kapareho ng iba. Hindi magagawang mahalin ng mga lalaki ang kanilang asawa, o ng mga magulang ang kanilang mga anak; walang sinumang magagawang magmahal sa iba. Hindi iyon magiging kagaya ngayon, na posible pa ring magmahalan at magsuportahan. Iyon ang magiging panahon na bawat uri ng tao ay ilalantad. Ibig sabihin, kapag hinampas ng Diyos ang mga pastol, magsisikat ang mga tupa ng kawan, at sa panahong iyon ay hindi kayo magkakaroon ng tunay na

lider. Magkakawatak-watak ang mga tao—hindi iyon magiging kagaya ngayon, na maaari kayong magtipun-tipon bilang isang kongregasyon. Sa hinaharap, ipapakita ng mga walang gawain ng Banal na Espiritu ang tunay na kulay nila. Ipagbibili ng mga lalaki ang kanilang asawa, ipagbibili ng mga babae ang kanilang asawa, ipagbibili ng mga anak ang kanilang mga magulang, at uusigin ng mga magulang ang kanilang mga anak—ang puso ng tao ay hindi maaarok! Ang tanging magagawa ay kumapit ang isang tao sa kung ano ang mayroon siya, at tahakin nang wasto ang huling bahagi ng landas. Sa ngayon, hindi ninyo ito malinaw na nakikita; hindi malinaw sa inyong lahat ang hinaharap. Hindi madaling maranasan nang matagumpay ang hakbang na ito ng gawain.

Ang panahon ng matinding paghihirap ay hindi gaanong matagal; totoo, wala pang isang taon ang itatagal nito. Kung magtatagal ito nang isang taon, maaantala ang susunod na hakbang ng gawain, at hindi magiging sapat ang tayog ng mga tao. Kung masyado itong matagal, hindi ito matitiis ng mga tao. Kunsabagay, may mga hangganan ang tayog ng mga tao. Kapag natapos na ang Aking sariling gawain, ang susunod na hakbang ay ang tahakin ng mga tao ang landas na dapat nilang tahakin. Kailangang maunawaan ng lahat kung anong landas ang dapat nilang tahakin—ito ay isang landas at isang proseso ng pagdurusa, at isa rin itong landas ng pagpipino sa iyong kagustuhang mahalin ang Diyos. Aling mga katotohanan ang dapat mong pasukin, aling mga katotohanan ang dapat mong punan, paano ka dapat makaranas, at mula sa aling aspeto ka dapat pumasok—kailangan mong maunawaan ang lahat ng bagay na ito. Kailangan mong sangkapan ang iyong sarili ngayon. Kapag sumapit sa iyo ang matinding paghihirap, magiging huli na ang lahat. Bawat tao ay kailangang magdala ng pasanin para sa sarili nilang buhay, at hindi palaging naghihintay sa mga babala ng iba o pilitin ka palagi ng iba na makinig. Napakarami Ko nang nasabi ngunit hindi mo pa rin alam kung aling mga katotohanan ang dapat mong pasukin o isangkap sa iyong sarili. Ipinapakita nito na hindi ka nagsikap na basahin ang mga salita ng Diyos. Hindi ka nagdadala ng anumang pasanin para sa sarili mong buhay—paano magiging katanggap-tanggap iyon? Hindi malinaw sa iyo kung ano ang dapat mong pasukin, hindi mo nauunawaan ang dapat mong maunawaan, at nalilito ka pa rin kung anong landas ang dapat mong tahakin sa hinaharap. Hindi ba wala kang kakuwenta-kuwenta? Ano ang silbi mo? Ang ginagawa ninyo ngayon ay gumagawa at naglalatatag kayo ng sarili ninyong mga daan. Kailangan mong malaman kung ano ang dapat na makamtan ng mga tao at kailangan mong malaman ang pamantayan ng mga kinakailangan ng Diyos sa sangkatauhan. Kailangan mong maunawaan ang mga sumusunod: Anuman ang mangyari, kahit masyado akong tiwali, kailangan kong punan ang mga depektong ito sa harap ng Diyos. Bago sinabi sa akin ng Diyos, hindi ko naunawaan, ngunit ngayong sinabi na Niya sa akin at naunawaan ko, kailangan kong magmadaling punan ang pagkukulang, isabuhay ang isang normal na pagkatao, at isabuhay ang isang larawang makatutugon sa kalooban ng Diyos. Kahit hindi ko kayang mamuhay na katulad ng ginawa ni Pedro, kahit papaano ay dapat kong isabuhay ang isang normal na pagkatao. Sa ganitong paraan, mapapalugod ko ang puso ng Diyos.

Ang huling bahagi ng landas na ito ay lalawig mula ngayon hanggang sa pagtatapos ng matinding paghihirap sa hinaharap. Ang bahaging ito ng landas ay kapag nabunyag ang tunay na tayog ng mga tao, at nagpapakita rin kung mayroon silang tunay na pananampalataya o wala. Dahil magiging mas mahirap at mas mabato ang bahaging ito ng landas kaysa anumang pinatahak sa mga tao noon, ang tawag dito ay “ang huling bahagi ng landas.” Ang totoo ay hindi ito ang pinakahuling bahagi ng landas; ito ay dahil matapos sumailalim sa matinding paghihirap, sasailalim ka naman sa gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo at magkakaroon ng isang bahagi ng mga tao na sasailalim sa gawain ng pagiging kasangkapan. Kaya “ang huling bahagi ng landas” ay binabanggit lamang bilang pagtukoy sa matinding paghihirap ng pagpipino sa mga tao at sa malupit na sitwasyon. Sa bahaging iyon ng landas na tinahak noong araw, personal kitang inakay sa masayang paglalakbay na iyon, na hawak ka sa kamay upang turuan ka, at busugin ka mula sa sarili Kong bibig. Bagama’t maraming beses ka nang sumailalim sa pagkastigo at paghatol, sunud-sunod na mahihinang palo lamang ang mga iyon sa iyo. Mangyari pa, naging sanhi iyon upang magbago nang malaki ang iyong mga pangitain sa paniniwala sa Diyos; tumatag din nang husto ang iyong disposisyon dahil doon, at nagtulot sa iyo na magkaroon ng kaunting pagkaunawa tungkol sa Akin. Ngunit ang sinasabi Ko sa iyo ay na habang tinatahak ng mga tao ang bahaging iyon ng landas, ang halaga o ang pagpapagal na ipinalit ng mga tao ay medyo maliit—Ako ang nag-akay sa iyo sa iyong kinaroroonan ngayon. Ito ay dahil sa hindi kita pinagawa ng anumang totoo, ni hindi man lang mataas ang Aking mga kinakailangan sa iyo—tinulutan lamang kitang tanggapin kung ano ang nariyan. Sa panahong ito walang-tigil Akong naglaan para sa inyong mga pangangailangan, at wala Akong nabanggit na di-makatwirang mga kahilingan kailanman. Nagdanas kayo ng paulit-ulit na pagkastigo, subalit hindi ninyo nagawa ang Aking orihinal na mga kinakailangan. Umaatras kayo at nalulumbay, ngunit hindi Ko ito isinasaalang-alang dahil panahon na ngayon ng Aking personal na gawain, at hindi Ko gaanong sineseryoso ang iyong “debosyon.” Ngunit sa landas mula ngayon, hindi na Ako gagawa o magsasalita, at pagdating ng panahon hindi Ko na kayo hahayaang magpatuloy sa gayong nakababagot na paraan. Tutulutan Ko kayong magkaroon ng sapat na mga aral na matututuhan, at hindi Ko ipatatanggap sa inyo kung ano ang nariyan. Kailangang ilantad ang tunay na tayog na taglay ninyo ngayon. Naging mabunga man o hindi ang inyong maraming taon ng pagsisikap ay makikita kung paano ninyo tinatahak ang huling bahaging ito ng landas. Noong araw, inakala ninyo na napakasimpleng maniwalala sa Diyos, at iyon ay dahil hindi ka hinigpitan ng Diyos. At paano naman ngayon? Iniisip ba ninyo na simple ang maniwalala sa Diyos? Nararamdaman pa rin ba ninyo na ang paniniwala sa Diyos ay pinasasaya at pinaliligaya kayo na tulad ng mga bata sa lansangan? Totoo na kayo ay mga tupa; gayunman, kailangan ninyong matahak ang landas na dapat ninyong tahakin upang masuklian ang biyaya ng Diyos, at upang lubos na makamit ang Diyos na inyong pinaniniwalaan. Huwag ninyong pagtawanan ang inyong sarili, at huwag ninyong lokohin ang inyong sarili! Kung makapamalagi ka sa

bahaging ito ng landas, magagawa mong makita ang paglaganap ng gawain ng Aking ebanghelyo sa buong sansinukob, at mapapasaiyo ang magandang kapalaran na maging matalik Kong kaibigan, at upang magampanan mo ang iyong bahagi sa pagpapalawak ng Aking gawain sa buong sansinukob. Sa panahong iyon, patuloy mong tatahakin nang buong kagalakan ang landas na dapat mong tahakin. Magiging walang hanggan ang ningning ng hinaharap, ngunit ang pangunahing bagay ngayon ay ang tahakin nang wasto ang huling bahaging ito ng landas. Kailangan kang maghangad, at maghanda kung paano gawin ito. Ito ang kailangan mong gawin ngayon mismo; kailangang-kailangan nang magawa ito ngayon!

**ANG MGA SALITA NI CRISTO
NANG SIYA'Y NAGLAKAD
SA MGA IGLESIA**

III

(HULYO 1993 HANGGANG MARSO 1994)

Paano Mo Dapat Asikasuhin ang Misyon Mo sa Hinaharap?

Nagagawa mo bang ipabatid ang disposisyong ipinahayag ng Diyos sa bawat kapanahunan sa isang kongkretong paraan, gamit ang wikang angkop na nagpapahayag ng kabuluhan ng kapanahunan? Ikaw ba, na nakakaranas ng gawain ng Diyos sa mga huling araw, ay may kakayahan na detalyadong ilarawan ang matuwid na disposisyon ng Diyos? Malinaw at tumpak ka bang makapagpapatotoo tungkol sa disposisyon ng Diyos? Paano mo ipapasa ang iyong nakita at naranasan sa mga taong nakakaawa, dukha, at tapat na relihiyosong mga mananampalataya na nagugutom at nauuhaw sa katuwiran at naghihintay sa iyo na akayin sila? Anong klaseng mga tao ang naghihintay sa iyo na akayin sila? Naiisip mo ba? Alam mo ba ang pasaning nasa iyong mga balikat, ang iyong atas, at ang iyong responsabilidad? Nasaan ang iyong pakiramdam ng makasaysayang misyon? Paano ka magsisilbi nang sapat bilang isang panginoon sa susunod na kapanahunan? Mayroon ka bang matibay na paninindigan ng pagiging panginoon? Paano mo ipaliliwanag ang panginoon ng lahat ng bagay? Ito ba talaga ang panginoon ng lahat ng nabubuhay na nilalang at lahat ng pisikal na bagay sa mundo? Ano ang mga plano mo para sa pagsulong ng susunod na yugto ng gawain? Ilang tao ang naghihintay sa iyo na maging pastol nila? Mabigat ba ang iyong gawain? Sila ay dukha, kaawa-awa, bulag, at nalilito, dumaraing sa kadiliman—nasaan ang daan? Lubha silang nananabik sa liwanag, tulad ng isang bulalakaw, upang biglang bumulusok at itaboy ang mga puwersa ng kadiliman na nang-api sa tao sa loob ng maraming taon. Sino ang makakaalam kung gaano sila sabik na umaasa, at gaano sila nananabik, araw at gabi, para dito? Kahit sa isang araw na nagdaraan ang kumikinang na liwanag, ang mga taong ito na labis na nagdurusa ay nananatiling nakakulong sa isang madilim na piitan nang walang pag-asang mapalaya; kailan sila titigil sa pagluha? Grabe ang kasawian ng marurupok na espiritung ito na hindi kailanman napagkalooban ng kapahingahan, at matagal nang patuloy na nakatali sa kalagayang ito ng walang-awang mga gapos at malamig na kasaysayan. At sino na ang nakarinig sa ingay ng kanilang pagdaing? Sino na ang nakakita sa kanilang kaawa-awang kalagayan? Naisip mo na ba kung gaano kalungkot at kabalisa ang puso ng Diyos? Paano Niya matitiis na makita ang inosenteng sangkatauhan, na nilikha ng sarili Niyang mga kamay, na nagdaranas ng gayong paghihirap? Kunsabagay, ang sangkatauhan ang kapus-palad na mga biktimgang nalason na. At bagama't nanatiling buhay ang tao hanggang sa araw na ito, sino ang makakaalam na matagal nang nalason ng masamang nilalang ang sangkatauhan? Nalimutan mo na ba na isa ka sa mga biktima? Hindi ka ba handang patuloy na mabuhay, dala ng iyong pagmamahal sa Diyos, upang iligtas ang mga natirang buhay na ito? Hindi ka ba handang ilaan ang lahat ng iyong lakas upang suklian ang Diyos, na nagmamahal sa sangkatauhan na parang sarili Niyang laman at dugo? Kapag nasabi at nagawa na ang lahat, paano mo

bibigyang-kahulugan ang pagkakasangkapan ng Diyos sa iyo upang maipamuhay mo ang iyong pambihirang buhay? Talaga bang mayroon kang matibay na pasya at tiwala na ipamuhay ang makabuluhang buhay ng isang taong madasalin at mapaglingkod sa Diyos?

Ang Layunin ng Pamamahala sa Sangkatauhan

Kung tunay na nakikita nang malinaw ng mga tao ang tamang landas ng pantaong buhay, pati na rin ang layunin ng pamamahala ng Diyos sa sangkatauhan, hindi nila panghahawakan ang kanilang indibidwal na kinabukasan at kapalaran bilang isang kayamanan sa kanilang puso. Hindi na nila kung gayon nanaising magsilbi sa kanilang mga magulang, na mas masahol pa sa mga baboy at mga aso. Hindi ba't ang kinabukasan at kapalaran ng tao ay mismong ang kasalukuyang sinasabing "mga magulang" ni Pedro? Ang mga ito ay katulad lamang ng laman at dugo ng tao. Ano ba talaga ang magiging hantungan at kinabukasan ng laman? Ito ba ay ang makita ang Diyos habang nabubuhay pa, o para sa kaluluwa na makatagpo ang Diyos pagkatapos ng kamatayan? Hahantong ba ang laman sa hinaharap sa isang malaking pugon ng mga kapighatian, o sa mapaminsalang sunog? Hindi ba't ang mga tanong na gaya nito na tungkol sa kung ang laman ng tao ay magtitiis ng kasawian o magdurusa ang pinakamalaking balita na lubhang inaalala ng sinuman sa daloy na ito na may utak at nasa tamang pag-iisip? (Dito, ang pagdurusa ay tumutukoy sa pagtanggap ng mga pagpapala; ibig sabihin nito na ang mga pagsubok sa hinaharap ay makabubuti para sa hantungan ng tao. Ang kasawian ay tumutukoy sa pagiging hindi kayang tumayo nang matatag, o pagiging nalinlang; o, ito ay nangangahulugan na ang isang tao ay makakatagpo ng di-kanais-nais na mga sitwasyon at mamamatay sa gitna ng sakuna, at na walang naaangkop na hantungan para sa kanyang kaluluwa.) Kahit na ang mga tao ay may matinong katwiran, marahil ang kanilang iniisip ay hindi lubos na tumutugma sa kung ano ang dapat na maisangkap sa kanilang katwiran. Ito ay dahil sa sila ay medyo nalilito at mistulang bulag na sumusunod sa mga bagay-bagay. Silang lahat ay dapat na magkaroon ng lubusang pagkatarok sa kung ano ang dapat nilang pasukin, at sa partikular, dapat nilang uriin kung ano ang dapat na mapasok sa panahon ng kapighatian (iyon ay, sa panahon ng pagpipino sa pugon), at kung ano ang dapat na maisangkap sa kanila sa panahon ng pagsubok ng apoy. Huwag palaging pagsilbihan ang iyong mga magulang (nangangahulugang ang laman) na parang mga baboy at mga aso at mas masahol pa sa mga langgam at mga insekto. Ano ang punto ng paghihirap para rito, pag-iisip nang sobra, at pagpapahirap sa iyong utak? Ang laman ay hindi sa iyo, kundi nasa mga kamay ng Diyos, na hindi lamang kumokontrol sa iyo kundi nag-uutos din kay Satanas. (Nangangahulugan ito na ang laman ay orihinal na pag-aari ni Satanas. Dahil si Satanas ay nasa mga kamay rin ng Diyos, ito ay masasabi lamang sa ganitong

paraan. Ito ay dahil mas mapanghikayat na sabihin ito sa ganoong paraan; ito ay nagmumungkahi na ang mga tao ay hindi ganap na nasa ilalim ng sakop ni Satanas, kundi nasa mga kamay ng Diyos.) Ikaw ay nabubuhay sa ilalim ng pagpapahirap ng laman—subali't ang laman ba ay sa iyo? Ito ba ay nasa ilalim ng iyong kontrol? Bakit ka nag-aabalang pahirapan ang iyong utak dahil dito? Bakit ka nag-aabalang patuloy na magsumamo sa Diyos alang-alang sa iyong bulok na laman, na matagal nang nahatulan, isinumpa, at nadungisan ng maruruming espiritu? Bakit mo kailangang palaging panatilihin ang mga kasamahan ni Satanas na napakalapit sa iyong puso? Hindi ka ba nag-aalala na maaaring sirain ng laman ang iyong tunay na kinabukasan, ang iyong magagandang inaasahan, at ang tunay na hantungan ng iyong buhay?

Ang landas ng kasalukuyan ay hindi madaling lakaran. Maaaring sabihin na ito ay mahirap na kamtin, at labis na pambihira sa lahat ng mga kapanahunan. Gayunpaman, sinong makakaisip na ang laman ng tao lamang ay sapat na upang wasakin siya? Ang gawain ngayon ay tiyak na kasinghalaga ng ulan sa tagsibol, at kasinghalaga ng kabaitan ng Diyos sa tao. Gayunpaman, kung hindi nalalaman ng tao ang layunin ng Kanyang kasalukuyang gawain o nauunawaan ang diwa ng sangkatauhan, paano maaaring pag-usapan ang kahalagahan at pagiging mamahalin nito? Ang laman ay hindi nabibilang sa mga tao mismo, kaya walang nakakakita nang malinaw kung saan ang aktwal na magiging hantungan nito. Gayunpaman, dapat mong malamang mabuti na ibabalik ng Panginoon ng sangnilikha ang sangkatauhan, na nilikha, sa kanilang orihinal na katayuan, at panunumbalikin ang kanilang orihinal na larawan mula sa panahon ng kanilang paglikha. Ganap Niyang kukuning muli ang hininga na Kanyang inihinga sa tao, na aangking muli sa kanyang mga buto at laman at magsasauli lahat sa Panginoon ng sangnilikha. Ganap Niyang papagbaguhing-anyo at papanibaguhin ang sangkatauhan at kukuning muli mula sa tao ang buong pamana ng Diyos na hindi sa sangkatauhan, kundi pag-aari ng Diyos, at hindi na kailanman muling ibibigay ito sa sangkatauhan. Ito ay dahil wala sa alinman sa mga bagay na iyon ay orihinal na pag-aari ng sangkatauhan. Babawiin Niyang lahat ang mga ito—hindi ito isang di-makatarungang pandarambong; bagkus, ito ay naglalayon na panumbalikin ang langit at lupa sa kanilang orihinal na mga kalagayan, gayundin ay papagbaguhing-anyo at panibaguhin ang tao. Ito ang makatwirang hantungan ng tao, bagama't marahil hindi ito magiging isang muling-paglalaan ng laman pagkatapos na ito ay nakastigo, gaya ng maaaring iniisip ng mga tao. Hindi nais ng Diyos ang mga kalansay ng laman pagkatapos ng pagkasira nito; nais Niya ang orihinal na mga elemento sa tao na pag-aari ng Diyos sa pasimula. Kaya, hindi Niya pupuksain ang sangkatauhan o ganap na wawasakin ang laman ng tao, dahil ang laman ng tao ay hindi niya pribadong pag-aari. Sa halip, ito ay ang dagdag ng Diyos, na namamahala sa sangkatauhan. Paano Niya mapupuksa ang laman ng tao para sa Kanyang “kasiyahan”? Sa ngayon, talaga bang nabitawan mo na ang kabuuan ng laman mong iyan, na hindi man lamang nagkakahalaga ng isang sentimo? Kung nauunawaan mo ang tatlumpung porsiyento ng gawain ng mga huling araw (itong tatlumpung porsiyento lamang ay

nangangahulugan ng pag-unawa ng gawain ng Banal na Espiritu ngayon pati na rin ang gawain ng salita na ginagawa ng Diyos sa mga huling araw), hindi ka patuloy na “maglilingkod” o “magiging anak” sa iyong laman—laman na nagawa nang tiwali sa loob ng maraming taon—kagaya ng sitwasyon ngayon. Dapat mong makita nang malinaw na ang mga tao ay nakasulong na ngayon sa isang hindi pa kailanman narating na kalagayan, at hindi na magpapatuloy na gumulong pasulong tulad ng mga gulong ng kasaysayan. Ang iyong inaamag na laman ay matagal nang napuno ng mga langaw, kaya paano ito magkakaroon ng kapangyarihan na baligtarin ang mga gulong ng kasaysayan na hinayaan ng Diyos na magpatuloy hanggang sa araw na ito? Paano nito magagawang patiktiking muli ang orasan ng mga huling araw na tahimik na tumitiktik, at patuloy na paikutin ang mga kamay nito nang pakanan? Paano nito muling mapagbabagong-anyo ang mundo na mukhang nalambungan ng makapal na hamog? Maaari bang muling pasiglahin ng iyong laman ang mga bundok at mga ilog? Kaya ba ng iyong laman, na kaunti lamang ang silbi, na talagang panumbaliking muli ang uri ng mundo ng tao na iyong ninanais? Kaya mo ba talagang turuan ang iyong mga inapo na maging “mga tao”? Nauunawaan mo na ba ngayon? Ano ang eksaktong kinabibilangan ng iyong laman? Ang orihinal na intensyon ng Diyos para iligtas ang tao, para gawing perpekto ang tao, at para baguhing-anyo ang tao ay hindi upang bigyan ka ng magandang lupang tinubuan o maghatid ng mapayapang kapahingahan sa laman ng tao; ito ay alang-alang sa Kanyang kaluwalhatian at Kanyang patotoo, para sa mas mabuting kasiyahan ng sangkatauhan sa hinaharap, at upang sila ay makapagpahinga sa lalong madaling panahon. Hindi rin ito para sa iyong laman, dahil ang tao ang puhunan ng pamamahala ng Diyos, at ang laman ng tao ay dagdag lamang. (Ang tao ay isang bagay na may kapwa espiritu at katawan, samantalang ang laman ay isa lamang bagay na nabubulok. Ito ay nangangahulugan na ang laman ay isang kasangkapan para gamitin sa plano ng pamamahala.) Dapat mong malaman na ang pagpeperpekto, paggawang ganap, at pagkakamit ng Diyos sa mga tao ay walang inihahatid kundi mga espada at paghampas sa kanilang laman, gayundin ang walang-katapusang pagdurusang, mapaminsalang pagsusunog, walang-habag na paghatol, pagkastigo, at mga sumpa, at walang-hangganang mga pagsubok. Gayon ang napapaloob na kasaysayan at katotohanan ng gawain ng pamamahala sa tao. Gayunpaman, ang lahat ng bagay na ito ay nakatuon sa laman ng tao, at lahat ng talim ng poot ay walang-awang nakatutok sa laman ng tao (dahil ang tao ay walang sala). Ang lahat ng ito ay para sa kapakanan ng Kanyang kaluwalhatian at patotoo, at para sa Kanyang pamamahala. Ito ay dahil sa ang Kanyang gawain ay hindi lamang para sa kapakanan ng sangkatauhan, kundi para rin sa buong plano, gayundin ay upang tuparin ang Kanyang orihinal na kalooban nang Kanyang nilikha ang sangkatauhan. Kaya, marahil siyamnapung porsiyento ng dinaranas ng mga tao ay kinapapalooban ng mga pagdurusang at mga pagsubok ng apoy, at napakakaunti, o baka wala pa nga, ng matatamis at masasayang araw na ninanais ng laman ng tao. Lalo nang hindi nakakapagtamasa ang tao ng masasayang sandali sa laman, sa

paggugol ng magagandang panahon sa piling ng Diyos. Ang laman ay marumi, kaya ang nakikita o tinatamasa ng laman ng tao ay walang iba kundi ang pagkastigo ng Diyos na hindi kinalulugdan ng tao, na para bang kulang ito sa normal na katinuan. Ito ay dahil ipamamalas ng Diyos ang Kanyang matuwid na disposisyon, na hindi pinapaboran ng tao, hindi Siya kumukunsinti sa mga pagkakasala ng tao, at napopoot Siya sa mga kaaway. Lantarang ibinubunyag ng Diyos ang Kanyang buong disposisyon sa pamamagitan ng anumang paraan na kailangan, sa gayong paraan ay tinatapos ang gawain ng Kanyang anim na libong taong pakikipaglaban kay Satanas—ang gawain ng pagliligtas sa buong sangkatauhan at ng pagwasak sa sinaunang Satanas!

Ang Pinakadiwa at Pagkakakilanlan ng Tao

Sa katunayan, hindi nabigo ang mga Israelita; nakita nila ang gawaing ginagawa ng Diyos sa loob ng nakaraang anim na libong taon, sapagkat hindi Ko sila tinalikuran. Sa halip, dahil kinain ng mga ninuno nila ang bunga mula sa puno ng kaalaman ng kabutihan at kasamaan, na iniregalo ng diyablo sa kanila, tinalikuran nila Ako para sa kasalanan. Ang kabutihan ay palaging sa Akin, samantalang ang kasamaan ay sa diyablo na humihimok sa Akin alang-alang sa kasalanan. Hindi Ko sinisisi ang mga tao, ni hindi Ko sila pinupuksa nang walang awa at isinasailalim sa walang-awang pagkastigo, sapagkat ang kasamaan ay hindi sa sangkatauhan sa simula. Samakatuwid, bagamat hayagan Akong ipinako sa krus ng mga Israelita na iyon, sila, na naghihintay sa Mesiyas at kay Jehova at nananabik sa Tagapagligtas na si Jesus, ay hindi nila kailanman nakalimutan ang pangako Ko: Sapagkat hindi Ko sila tinalikdan. Kahit na kinuha Ko ang dugo bilang katibayan para sa tipan na itinatag Ko sa sangkatauhan; ang katotohanang ito ang naging “dugong tipan” na nakaukit sa mga puso ng mga kabataan at walang sala, tulad ng tatak at walang hanggang nakasandig sa isa’t isa tulad ng langit at lupa. Sapagkat hindi Ko kailanman dinaya ang mga malulungkot na kaluluwang itinalaga, pinili, at kalaunan ay tinubos at nakamit Ko, at na mas minahal Ako kaysa sa pagmamahal nila sa diyablo, sabik nilang inaasahan ang pagbabalik Ko at marubdob na hinihintay ang pakikipagtagpo sa Akin. Yamang hindi Ko kailanman binura ang tipan na itinatag Ko sa kanila sa pamamagitan ng dugo, hindi nakagugulat na taimtim silang naghihintay. Bibihagin Kong muli ang mga tupang ito na maraming taon nang naliligaw, sapagkat palagi Kong minamahal ang mga tao; naidagdag lamang ang mga sangkap ng kasamaan sa kabutihang nasa loob nila. Makakamit Ko ang mga kawawang kaluluwang nagmamahal sa Akin at na siyang matagal Ko nang minamahal, ngunit paano Ko madadala sa tahanan Ko ang mga masasamang hindi Ako kailanman minahal, at umaasal tulad ng mga kaaway? Hindi Ko dadalhin sa kaharian Ko ang mga inapo ng diyablo at ng ulupong na kinamumuhian, sinasalungat, nilalabanan, sinasalakay, at isinusumpa Ako, sa kabila ng tipan na itinatag Ko sa tao sa pamamagitan ng dugo. Dapat

mong malaman kung ano talaga ang layunin ng gawain Ko, at kung para kanino Ko ito isinasakatuparan. Naglalaman ba ang pagmamahal mo ng mabuti o masama? Ang kaalaman mo ba sa Akin ay katulad ng kay David at Moises o hindi? Ang paglilingkod mo ba sa Akin ay kagaya ng kay Abraham o hindi? Totoong ginagawa Kitang perpekto, ngunit dapat mong malaman kung sino ang kakatawanin mo, pati na rin ang kung kaninong kinalabasan ang ibabahagi mo. Sa buong buhay mo, sa karanasan mo sa gawain Ko, nakapaggapas ka na ba ng masaya at masaganang ani? Masagana at mabunga ba ito? Dapat kang magmuni-muni sa sarili mo: Kumayod ka sa loob ng maraming taon para sa kapakanan Ko, ngunit mayroon ka bang anumang nakuha? Sumailalim ka ba sa anumang pagbabago o nagtamo ng anuman? Bilang kapalit ng mahihirap na karanasan mo, naging katulad ka ba ni Pedro na ipinako sa krus, o kagaya ni Pablo na inilugmok at tumanggap ng isang matinding liwanag? Dapat ay magkaroon ka ng ilang pagkaunawa sa mga bagay na ito. Hindi Ako palaging nagsasalita o nakatuon sa buhay mo, na mas maliit pa kaysa sa binhi ng mustasa at kasing liit ng isang butil ng buhangin. Upang maging malinaw, ang sangkatauhan ang siyang pinamamahalaan Ko. Gayunman, hindi Ko itinuturing ang buhay ng tao, na kinamuhian Ko nang minsan ngunit kalaunan ay pinulot muli, bilang isang mahalagang bahagi ng pamamahala Ko. Dapat kang magkaroon ng malinaw na ideya sa tunay na kalikasan ng dating pagkakakilanlan ninyo, gayundin sa kung kanino kayo bilang mga alipin. Kaya naman, hindi ko ginagamit ang mga mukha ng mga tao, na kapareho ng kay Satanas, bilang magagamit na mga hilaw na sangkap upang pamahalaan ang mga tao, sapagkat hindi kailanman naging mahahalagang bagay ang mga tao. Dapat ninyong maalala ang saloobin Ko sa inyo sa simula, at alalahanin ang paraan ng pagsasalita Ko sa inyo noon—hindi isang pangalang walang praktikal na kabuluhan. Dapat mong mabatid na hindi walang mga dahilan ang mga bansag sa inyo. Ipinapalagay Ko na nababatid ninyong lahat na hindi kayo sa Diyos, ngunit maagang nabihag ni Satanas at nagsilbi sa tahanan nito bilang matatapat na tagapaglingkod; bukod dito, matagal na ninyo Akong nakalimutan, dahil matagal na kayong nasa labas ng tahanan Ko at nasa mga kamay ng diyablo. Ang mga taong inililigtas Ko ay mga matagal Ko nang itinalaga at mga tinubos Ko, samantalang kayo ay mga kaawa-awang kaluluwa na inilagay sa gitna ng sangkatauhan bilang mga nabubukod sa panuntunan. Dapat ninyong malaman na hindi kayo kabilang sa tahanan ni David o ni Jacob, kundi kay Moab, na kung saan mula sa isang tribong Hentil ang mga kasapi. Sapagkat hindi Ko itinatag ang isang tipan sa inyo, kundi gumawa lamang ng gawain, nagsalita sa gitna ninyo, at inakay kayo. Hindi dumanak ang dugo Ko para sa inyo; isinasakatuparan Ko lamang ang gawain Ko sa gitna ninyo alang-alang sa patotoo Ko. Hindi ba ninyo alam ito? Ang gawain Ko ba ay talagang kagaya ng kung paano nilabasan ng dugo hanggang mamatay si Jesus para sa inyo? Hindi ito sulit sa simula pa lamang, na nagtiis Ako ng ganito kalaking kahihiyan para sa inyo. Ang Diyos, na ganap na walang kasalanan, ay agad na pumunta sa isang labis na napakanakapandidiring lugar, isang mundo ng mga baboy at ng mga aso na hindi

karapat-dapat tirahan ng tao, subalit tiniis Ko pa rin ang lahat ng malulupit na kahihiyang ito para sa kaluwalhatian ng Ama Ko at para sa walang-hanggang patotoo. Dapat ninyong mabatid kung ano ang asal ninyo, at makita na hindi kayo mga anak na isinilang sa “mga mayayaman at makapangyarihang pamilya,” kundi mga naghihikahos na supling ni Satanas lamang. Hindi rin kayo ang mga patriyarka ng sangkatauhan, ni wala kayong mga karapatang pantao o kalayaan. Sa simula ay wala kayong bahagi na kahit na ano pa man sa mga pagpapala ng sangkatauhan ni ng kaharian ng langit. Ito ay dahil nasa pinakamababang antas kayo ng sangkatauhan, at hindi Ko kailanman naisip ang kinabukasan ninyo. Samakatuwid, bagaman bahagi ng plano Ko ngayon na magkakaroon Ako ng kumpiyansa upang gawin kayong perpekto, isa itong gawain na wala pang nakagagawa, sapagkat napakababa ng katayuan ninyo at sa simula ay wala kayong bahagi sa sangkatauhan. Hindi ba’t isa talaga itong pagpapala sa mga tao?

Ang mga inililigtas Ko ay mga kaluluwang matagal Ko nang pinalaya mula sa purgatoryo, pati na rin ang mga hinirang na matagal Ko nang binisita, sapagkat hinangad nila ang Aking muling pagpapakita sa kanila. Minahal nila Ako, at iniukit sa mga puso nila ang tipan Ko, na itinatag Ko sa pamamagitan ng dugo, sapagkat minahal Ko sila. Kagaya sila ng mga naligaw na tupa na naghahanap sa Akin sa loob ng maraming taon, at mabuti sila; samakatuwid, tinatawag Ko silang mabubuting Israelita at kaibig-ibig na mga munting anghel. Hindi Ako magdurusa ng ganitong kahihiyan kung kasama Ko sila. Ito ay dahil mas minamahal nila Ako kaysa sa pagmamahal nila sa sarili nilang mga buhay, at minamahal Ko sila bilang pinakamagaganda sa lahat ng bagay. Ito ay dahil nilikha Ko sila at sila ay sa Akin; hindi nila Ako kailanman nakalimutan. Nahihigitan ng pagmamahal nila ang sa inyo, at mas minamahal nila Ako kaysa sa pagmamahal ninyo sa mga sarili ninyong buhay. Nagpapasakop sila sa Akin tulad ng pagpapasakop ng mga munting puting kalapati sa himpapawid, at sa mga puso nila ay mas may pagsunod sa Akin kaysa sa inyo. At ito ay dahil mga inapo sila ni Jacob, supling ni Adan, at kasama ng mga hinirang Ko, sapagkat minahal Ko sila nang matagal na panahon—at mas lalo Ko silang minahal kaysa sa inyo; ito ay dahil masyado kayong mapanghimagsik, mayroon kayong matinding paglaban, masyado ninyo Akong minamaliit, masyado kayong malamig sa Akin, napakaliit ng pagmamahal ninyo sa Akin, at masyado ninyo Akong kinapopootan. Masyado ninyong hinahamak ang gawain Ko at kinamumuhian ang mga kilos Ko. Hindi kagaya nila, hindi ninyo kailanman pinahalagahan ang mga gawa Ko. Sa halip, kinamumuhian ninyo sila, namumula ang mga mata ninyo sa pagkabahala, kagaya ng kay Satanas. Nasaan ang pagpapasakop ninyo? Nasaan ang pagkatao ninyo? Nasaan ang pagmamahal ninyo? Kailan ninyo ipinakita ang mga sangkap ng pagmamahal na nasa loob ninyo? Kailan ninyo sineryoso ang gawain Ko? Kaawaan nawa ang maririkit na anghel na sabik na inaabangan ang pagdating Ko at matinding nagdurusa habang marubdob na naghihintay sa Akin, sapagkat minamahal Ko sila nang labis. Gayunman, ang nakikita Ko ngayon ay isang hindi-taong mundo na walang kinalaman sa kanila. Hindi ba ninyo naiisip na matagal nang naging manhid at walang pakiramdam ang mga

budhi ninyo? Hindi ba ninyo naiisip na kayo ang mga basurang humahadlang sa muling pagsasama Ko at ng mga maririkit na anghel? Kailan ba sila hindi naghihintay sa pagbabalik Ko? Kailan ba sila hindi naghihintay na muli Akong makasama? Kailan ba sila hindi umaasang gumugol ng magagandang araw na kasama Ako at kumakaing kasama Ako? Napagtatanto ba ninyo kung ano ang ginagawa ninyo ngayon: rumaragasa sa buong mundo; nagpapakana laban sa isa't isa; nilililang ang isa't isa; umaasal nang pataksil, palihim, at walang kahihyan; hindi nababatid ang katotohanan; kumikilos nang may kabuktutan at panlilinlang; nambobola; itinuturing ang mga sarili ninyo na palaging tama at mas mahusay kaysa sa iba; nagiging mapagmataas; at walang pakundangan kagaya ng mga ligaw na hayop sa mga kabundukan at kasing gaspang ng hari ng mga hayop—angkop ba sa isang tao ang mga asal na ito? Kayo ay bastos at hindi makatwiran. Hindi ninyo kailanman pinahalagahan ang mga salita Ko, ngunit sa halip ay nagkaroon ng isang mapanghamak na saloobin sa mga ito. Saan magmumula sa ganitong paraan ang mga tagumpay, ang isang tunay na buhay ng tao, at ang magagandang pag-asa? Tunay ka bang sasagipin ng labis-labis na guni-guni mo mula sa bibig ng tigre? Tunay ka bang sasagipin nito mula sa nagliliyab na apoy? Mahuhulog ka ba sa puntong ito kung totoong itinuring mong walang kasing halagang kayamanan ang gawain Ko? Maaari kayang talagang hindi maaaring mabago ang kapalaran mo? Handa ka bang mamatay na may ganitong mga panghihinayang?

Ang Likas na Pagkakakilanlan ng Tao at ang Kanyang Halaga: Ano Talaga ang mga Ito?

Kayo ay inihiwalay mula sa putik at, ano man ang mangyari, kayo ay pinili mula sa mga latak, marumi at kinasusuklaman ng Diyos. Kayo ay napabilang kay Satanas at minsan nang niyurakan at dinungisan nito. Lyon ang dahilan kung bakit sinasabi na kayo ay inihiwalay mula sa putik, at, malayo sa pagiging banal, sa halip kayo ay mga di-taong bagay na matagal nang pakay ng mga panlilinlang ni Satanas. Ito ang pinakaangkop na pagsasalarawan sa inyo. Dapat ninyong matanto na kayo ay orihinal na mga karumihan na matatagpuan sa di-umaagos na tubig at putik, na kabaligtaran sa kanais-nais na mga huli kagaya ng isda at hipon, sapagkat walang bagay na nagbibigay ng kagalakan ang maaaring makuha mula sa inyo. Sa tahasang pananalita, kayo ang pinakaabang mga hayop sa isang mababang lipunan, na mas malala pa kaysa mga baboy at mga aso. Sa tapat na pananalita, ang tawagin kayo gamit ang gayong mga termino ay hindi labis na pagpapahayag o kalabisan, bagkus ay pinasisimple nito ang usapin. Ang tawagin kayo gamit ang gayong mga termino ay maaari pa ngang masabi na isang paraan upang kayo ay bigyang galang. Ang inyong kabatiran, pananalita, pag-uugali bilang mga tao, at ang bawat aspeto ng inyong buhay, kabilang na ang inyong katayuan sa putik, ay sapat na upang patunayan na ang inyong pagkakakilanlan ay “hindi pangkaraniwan.”

Yaong mga Hindi Natututo at Nananatiling Mangmang: Hindi Ba Sila mga Hayop?

Habang naglalakad ka sa landas ng ngayon, ano ang pinakaangkop na klase ng pagsisikap? Sa iyong pagsisikap, anong klase ng tao ang dapat mong makita sa sarili mo? Dapat mong malaman kung paano mo dapat harapin ang lahat ng sumasapit sa iyo ngayon, mga pagsubok man ito o paghihirap, o walang awang pagkastigo at pagsumpa. Habang nahaharap sa lahat ng bagay na ito, dapat mong bigyan ang mga ito ng maingat na pagsasaalang-alang sa lahat ng pagkakataon. Bakit Ko sinasabi ito? Sinasabi Ko ito dahil ang mga bagay na sumasapit sa iyo ngayon, sa kabila ng lahat, ay maiikling pagsubok na paulit-ulit na nangyayari; marahil para sa iyo, hindi mo itinuturing na partikular na mabigat ang mga ito sa espiritu, kaya hinahayaan mo na lang na likas na magdaan at lumipas ang mga bagay na ito, at hindi mo itinuturing ang mga ito na napakahalagang yaman sa pagsisikap na sumulong. Masyado kang walang pagpapahalaga! Sobrang walang pagpapahalaga na ipinapalagay mo na isang ulap ito na nakalutang sa harap ng iyong mga mata; at hindi mo pinahahalagahan ang malulupit na hagupit na bumubuhos paminsan-minsan—mga hagupit na maiikli, at para sa iyo, tila hindi mabigat—kundi basta minamasdan mo ang mga ito nang walang pagpapahalaga, nang walang kaseryosohan, na itinuturing lamang ang mga ito na paminsan-minsang paghagupit lamang. Napakayabang mo! Sa malulupit na pag-atakeng ito, mga pag-atake na katulad ng mga unos na dumarating paminsan-minsan, nagpapakita ka lang ng walang-galang na pagwawalang-bahala; kung minsan, umaabot pa sa punto na malamig pa ang ngiti mo, na naghahayag ng iyong lubos na pagwawalang-bahala—sapagkat hindi mo naisip kailanman sa iyong sarili kung bakit patuloy kang nagdurusa ng gayong “mga kasawian.” Maaari kayang ito ay dahil lubha Akong hindi makatarungan sa tao? Hinahanapan ba kita ng mali? Bagama’t maaaring hindi kasing seryoso ang mga problema sa pag-iisip mo na tulad ng nailarawan Ko, sa ipinapakita mong pagkakalmado, matagal ka nang nakalikha ng perpektong imahe ng niloloob mo. Hindi Ko na kailangang sabihin sa iyo na ang tanging nakatago sa kaibuturan ng puso mo ay ang magaspang na pagtuligsa at katiting na bahid ng kalungkutan halos hindi makita ng iba. Dahil sa palagay mo ay lubhang hindi makatarungan na magdusa ka ng gayong mga pagsubok, nagmumura ka; at dahil ipinadarama sa iyo ng mga pagsubok na ito ang kapanglawan ng mundo, napupuno ka ng kalungkutan. Sa halip na ituring na pinakamainam na proteksyon ang paulit-ulit na paghagupit at disiplinang ito, ang tingin mo sa mga ito ay walang katuturang panggugulo ng Langit, o dili kaya’y angkop na paghihiganti sa iyo. Napakamangmang mo! Walang awa mong itinago sa dilim ang magagandang panahon; sa bawat pagkakataon, itinuring mong pag-atake ng iyong mga kaaway ang magagandang pagsubok at pagdidisiplina. Wala kang kakayahang makibagay sa iyong kapaligiran; at lalo nang ayaw mong gawin iyon, sapagkat ayaw mong magtamo ng anuman mula sa paulit-ulit—at para sa iyo ay malupit—na pagkastigo. Hindi ka nagtatangkang maghanap o magsiyasat, at basta ka

na lang sumusuko sa iyong kapalaran, pumupunta kung saan ka dalhin nito. Hindi nabago ng sa tingin mo ay mababagsik na pagkastigo ang puso mo, ni hindi naghari ang mga ito sa puso mo; sa halip, sinasaksak ng mga ito ang puso mo. Ang tingin mo sa “malupit na pagkastigo” na ito ay kaaway mo lamang sa buhay na ito, at kaya wala kang natutuhan. Masyado kang nag-aakalang mas matuwid ka sa iba! Madalang kang maniwala na nagdaranas ka ng ganitong mga pagsubok dahil napakasama mo; sa halip, iniisip mo na napakamalas mo, at sinasabi mo pa bukod rito na palagi kitang hinahanapan ng mali. At ngayon na ang mga bagay-bagay ay dumating na sa sitwasyong ito, gaano ba talaga karami ang alam mo tungkol sa Aking sinasabi at ginagawa? Huwag mong isipin na likas kang matalino, medyo mas mababa lamang kaysa sa kalangitan ngunit walang hanggan na mas mataas kaysa sa lupa. Hindi ka talaga mas matalino kaysa sa iba—at masasabi pa nga na talagang kahanga-hanga na mas hangal ka kaysa sinumang iba pang mga tao sa lupa na may katwiran, sapagkat napakataas ng tingin mo sa iyong sarili, at hindi ka nakaramdam kailanman na mas mababa ka sa iba; na tila nahihiwatigan mo ang pinakamaliit na detalye ng Aking mga kilos. Sa katunayan, isa kang tao na wala talagang katwiran, sapagkat wala kang ideya kung ano ang Aking gagawin, at lalong wala kang alam kung ano ang Aking ginagawa ngayon. Kaya sinasabi Ko na hindi ka man lamang kapantay ng isang matandang magsasaka na nagtatrabaho sa lupain, isang magsasaka na wala ni katiting na pagkaunawa sa buhay ng tao subalit lubos na umaasa sa mga pagpapala ng Langit habang nagbubungkal ng lupa. Hindi ka nag-uukol ng kahit isang segundo para pag-isipan ang iyong buhay, wala kang alam na dapat ipagbunyi, at lalo nang wala kang alam tungkol sa sarili mo. Masyado kang “mapagmataas”! Talagang nag-aalala Ako sa iyo na maselang manamit at sa inyo na maseselang dalaga: Paano ninyo matatagalan ang paghampas ng mas matitinding bagyo? Lubos na walang pakialam ang maseselang manamit na ito sa mahirap na kalagayan nila. Para sa kanila, mukhang walang kuwenta ito, hindi nila ito iniisip, hindi sila negatibo, at hindi rin nila iniisip na napakaaba nila; sa halip, nagpapatuloy sila gaya nang dati, palakad-lakad lang sila sa mga lansangan habang nagpapaypay. Hindi alam nitong mga “kilalang tao,” na hindi na natuto, kung bakit Ko sinasabi sa kanila ang mga bagay na ito; puno ng pagkainis ang kanilang mga mukha, pahapyaw lamang nilang sinusuri ang kanilang sarili, at pagkatapos ay nagpapatuloy nang hindi binabago ang kanilang masasamang gawi; kapag iniwan na nila Ako, muli silang nagsisimulang magwala sa mundo, muling nagyayabang at nanloloko. Napakabilis magbago ng ekspresyon sa iyong mukha. Kaya, muli, tinatangka mo Akong linlangin sa ganitong paraan—napakatapang mo! Mas nakakatawa pa ang maseselang pihikang dalaga. Nang marinig ang Aking kagyat na mga pagbigkas, at nakikita ang mahirap na kalagayan nila, tumutulo ang mga luha sa kanilang mga mukha nang hindi sinasadya, na puno ng mga paghikbi, at parang gumagawa sila ng eksena—nakakainis! Natatanto ang sarili nilang tayog, sumasalampak sila sa kanilang kama at nahihiga roon, umiiyak nang walang tigil, na para bang halos maubusan sila ng hininga. At kapag naipakita sa kanila ng mga salitang ito ang pagiging isip-bata at pagiging

hamak nila, pagkatapos niyon ay napupuspos sila ng pagkanegatibo na nawawalan ng ningning ang kanilang mga mata, at hindi sila nagrereklamo tungkol sa Akin o namumuhi sa Akin, nananatili silang hindi kumikilos sa pagkabalintiyak nila, at nabibigo rin silang matuto at nananatiling mangmang. Matapos Akong iwan, nagkakuwaan at naglalaro sila, ang kanilang malalakas na tawa ay kagaya sa isang “Kampanang Pilak ng Prinsesa.” Napakarupok nila at walang-wala silang pagmamahal sa sarili! Lahat kayo, na mga depektibong tinatanggihan ng sangkatauhan—kulang talaga kayo sa pagkatao! Hindi ninyo alam kung paano mahalin ang inyong sarili, o protektahan ang inyong sarili, wala kayong katwiran, hindi ninyo hinahanap ang tunay na daan, hindi ninyo mahal ang tunay na liwanag, at, bukod diyan, hindi ninyo alam kung paano pahalagahan ang inyong sarili. Tungkol naman sa mga turong ibinigay Ko sa inyo nang paulit-ulit, matagal na ninyong kinalilimutan ang mga ito, hanggang sa punto na itinuturing pa ninyong laruan ang mga ito para punan ang inyong bakanteng oras. Lagi ninyong itinuturing ang lahat ng ito na sarili ninyong “bantay na anting-anting.” Kapag inakusahan kayo ni Satanas, nagdarasal kayo; kapag negatibo kayo, natutulog kayo nang mahimbing; kapag masaya kayo, takbo kayo nang takbo; kapag pinangangaralan Ko kayo, yumuyuko kayo at nagkakamot; at pagkatapos, kapag iniwan ninyo Ako, humahaglak kayo sa katatawa. Sa tingin mo ay mas mataas ka sa lahat ng iba pa, pero hindi mo nakita ang iyong sarili kailanman na pinakamayabang sa lahat, napakatayog mo lamang palagi, kampante at napakamapagmataas. Paano ituturing ang Aking mga salita bilang isang napakahalagang yaman ng gayong “mga binatilyo,” “mga dalagita,” “mga binata” at “mga dalaga,” na hindi natututo at nananatiling mangmang? Tinatanong kitang muli: Ano ba talaga ang natutuhan mo mula sa Aking mga salita at sa Aking gawain sa loob ng napakahabang panahon? Nagtamo ka ba ng mas mahusay na kasanayan sa iyong panlilinlang? O naging mas sopistikado sa iyong katawan? O mas nawalan ng paggalang sa iyong saloobin sa Akin? Sasabihin Ko sa iyo nang diretsahan: Ang lahat ng gawaing ito na Aking ginawa ang mas nagpatapang sa iyo na may tapang ng isang daga noon. Ang iyong takot sa Akin ay nababawasan bawat araw, sapagkat napakamaawain Ko, at hindi Ko kailanman pinarusahan ang iyong laman gamit ang karahasan. Marahil, sa tingin mo, nagbibitiw lang Ako ng mababagsik na salita—ngunit higit na mas madalas na nakangiti Ako sa iyo, at halos hindi kita pinuna nang harapan kailanman. Bukod pa ryan, lagi Kong pinatatawad ang iyong kahinaan, at dahil lamang dito kaya mo Ako tinatrato na tulad ng pagtrato ng ahas sa mabait na magsasaka. Malaki ang paghanga Ko sa sukdulang galing at katalinuhan sa kapangyarihan ng tao na magmasid! Hayaan mong sabihin Ko sa iyo ang isang katotohanan: Ngayon ay hindi mahalaga kung may pagpipitagan ang iyong puso o wala; hindi Ako kinakabahan o kaya’y nababalisa tungkol diyan. Ngunit kailangan Ko ring sabihin ito sa iyo: Ikaw na “mahusay na taong” ito, na hindi natututo at nananatiling mangmang, sa dakong huli ay ibabagsak ka ng iyong katalinuhang humahanga sa sarili at mababaw—ikaw ang magdurusa at makakastigo. Hindi Ako ganoon kahangal para samahan kang patuloy na magdusa sa impiyerno,

sapagkat hindi Ako kauri mo. Huwag mong kalilimutan na ikaw ay isang nilikha na Aking sinumpa, subalit tinuruan at iniligtas Ko rin, at walang anumang bagay sa iyo na mag-aatubili Akong bitawan. Tuwing Ako ay gumagawa, hindi Ako napipigilan ng sinumang tao, anumang pangyayari, o bagay. Hindi pa rin nagbabago ang Aking mga pag-uugali at opinyon sa sangkatauhan. Hindi kita masyadong gusto, sapagkat dagdag ka lang sa Aking pamamahala, at hindi talaga katangi-tangi kumpara sa anupamang ibang nilalang. Ito ang payo Ko sa iyo: Sa lahat ng oras, tandaan na isa ka lamang nilalang ng Diyos! Bagama't maaaring mabuhay ka sa piling Ko, dapat mong malaman ang iyong sariling pagkakakilanlan; huwag mong ipalagay na napakataas mo. Kahit hindi kita sinasaway o iwinawasto, at hinaharap kita nang may ngiti, hindi ito sapat para mapatunayan na ikaw ay kauri Ko. Ikaw—dapat mong malaman na isa ka sa mga naghahangad ng katotohanan, hindi ang katotohanan mismo! Dapat ay handa ka sa lahat ng oras na magbago ayon sa Aking mga salita. Hindi mo ito matatakas. Pinapayuhan kita na magsikap at matuto ng isang bagay sa napakahalagang panahong ito, habang mayroon ka ng bihirang pagkakataong ito. Huwag mo Akong lokohin; hindi mo Ako kailangang bolahin para linlangin Ako. Kapag hinahanap mo Ako, hindi iyon para lamang sa Aking kapakanan, kundi sa halip ay para sa iyo!

Hindi Kayang Kumatawan ng mga Taong Hinirang sa China sa Anumang Angkan ng Israel

Ang sambahayan ni David ang pamilya na orihinal na nakatanggap ng mga pangako at pamana ni Jehova. Ito ay orihinal na isa sa mga angkan ni Israel at kabilang sa hinirang na mga tao. Sa panahong iyon, si Jehova ay nagtakda ng isang batas para sa mga Israelita na ang lahat ng taong Hudyo na kabilang sa sambahayan ni David—lahat ng mga isinilang sa sambahayang iyon—ay makakatanggap ng Kanyang pamana. Sila ang makakatanggap ng makasandaang beses nito at magtatamo ng katayuan bilang mga panganay na anak; noong panahong iyon, sila ang pinakaitinaas sa lahat ng Israelita, na may pinakamataas na posisyon sa lahat ng sambahayan ni Israel, at tuwiran nilang pinaglingkuran si Jehova sa templo, suot ang mga damit na pampari at mga korona. Pagkatapos ay tinawag sila noon ni Jehovah bilang matatapat at banal na mga tagapaglingkod, at natamo nila ang paggalang ng lahat ng iba pang mga angkan ni Israel. Kaya, sa panahong iyon, silang lahat ay buong galang na itinuturing na mga panginoon—lahat ng ito ay ang gawain ni Jehova sa Kapanahunan ng Kautusan. Sa kasalukuyan ay pinaglilingkuran pa rin nila si Jehova sa templo sa ganitong paraan, kaya sila ay mananatili bilang mga itinalagang mga hari ni Jehova. Walang makakakuha ng kanilang korona, at walang sinuman ang makakapagbago sa kanilang paglilingkod sapagkat batay sa kanilang pinagmulan ay nabibilang sila sa sambahayan ni David; ito

ang ipinagkaloob sa kanila ni Jehova. Ang dahilan kung bakit hindi kayo nabibilang sa sambahayan ni David batay sa pinagmulan ay sapagkat hindi kayo mga tao ni Israel, at sa halip ay nabibilang kayo sa mga pamilyang Hentil sa labas ng Israel. Gayundin, ang inyong kalikasan ay hindi ang sambahin si Jehova, kundi ang kalabanin Siya, kaya ang inyong katayuan ay likas na naiiba sa katayuan ng mga taong mula sa sambahayan ni David, at hindi kayo kabilang sa mga makakatanggap ng Aking pamana, at lalong hindi kayo ang makakatanggap ng makasandaang beses.

Noong panahong iyon, ang Israel ay hinati sa maraming iba't ibang sambahayan at maraming magkakaibang angkan, ngunit lahat sila ay hinirang na mga tao. Gayunman, ang kaibahan mula sa ibang mga bansa ay na ang mga tao sa Israel ay inuuri ayon sa angkan, gayundin ang kanilang mga posisyon sa harapan ni Jehova, at ang lupa na pag-aari ng bawat tao. Sa mga bansa maliban sa Israel, hindi basta na lamang maituturing ng mga tao ang kanilang mga sarili na kabilang sa mga sambahayan ni David, ni Jacob, o ni Moises. Ito ay sasalungat sa katotohanan—ang mga angkan ng Israel ay hindi maaaring basta na lang iugnay sa ibang mga bansa. Palaging nagagamit ng mga tao nang hindi tama ang mga pangalan ni David, Abraham, Esau, atbp., o sinasabi nila: “Tinanggap na namin ngayon ang Diyos, kaya kami ay sa sambahayan ni Jacob.” Ang pagsasabi ng mga salitang ito ay walang batayang pangangatuwiran lamang ng tao at hindi tuwirang mula kay Jehova, ni hindi ito ay nagmumula sa Aking sariling mga ideya. Ito ay kalokohan lamang ng tao! Kagaya lamang ng isang mananalumpati na gumagawa lamang ng kuwento, walang batayang ibinibilang ng mga tao ang kanilang mga sarili bilang mga inapo ni David o bahagi ng sambahayan ni Jacob, at pinaniniwalaan nila na sila ay karapat-dapat na maging gayon. Hindi ba nalalaman ng mga tao na ang mga kabilang sa sambahayan ni David ay matagal nang itinalaga ni Jehova, at na hindi kinoronahan ni David ang kanyang sarili na maging hari? Gayunman, marami ang walang-kahihyang nag-aangkin na kabilang sila sa mga inapo ng sambahayan ni David—ang mga tao ay napakamangmang! Ang katotohanan ay ang mga bagay-bagay sa Israel ay walang kinalaman sa mga Hentil—sila ay dalawang bagay na magkaiba, at lubos na walang kaugnayan. Ang mga bagay-bagay sa Israel ay masasabi lamang sa mga tao ng Israel, dahil walang kinalaman dito ang mga Hentil, at ang gawain na kasalukuyang ginagawa sa mga Hentil ay walang kinalaman sa mga tao ng Israel. Kung ano ang sinasabi tungkol sa mga Hentil ay pagpapasyahan sa pamamagitan ng Aking kasalukuyang sinasabi, at ang gawaing ginagawa sa Israel ay hindi maaaring maging “maagang pagpapahayag” ng gawain sa mga Hentil. Hindi ba iyon nagpapakita na ang Diyos ay masyadong kumbensiyonal? Tanging kapag nagsisimula nang lumaganap ang gawain sa mga Hentil ay ang kung ano ang sinabi tungkol sa kanila, o mabubunyag ang kanilang kahihinatnan. Kaya para sabihin ng mga tao, gaya ng ginawa nila noon, “Kami ang mga inapo ni David,” o “si Jesus ay anak na lalaki ni David,” ay higit na malaking kalokohan. Ang Aking gawain ay pinagbaha-bahagi. Hindi Ko “tatawaging usa ang isang kabayo”; sa halip, ang gawain ay nahahati alinsunod sa pagkakasunud-sunod nito.

Ano ang Inyong Pagkaunawa sa mga Pagpapala?

Bagama't ang mga isinilang sa panahong ito ay ginawa nang tiwali ni Satanas at ng maruruming demonyo, ang katiwaliang iyon ay nagdulot din sa kanila ng lubusang kaligtasan, kaligtasang mas malaki pa kaysa sa mga alagang hayop sa mga bundok at kapatagan at sa napakalaking kayamanan ni Job, at mas malaki rin kaysa sa pagpapalang mamasdan si Jehova na natanggap ni Job kasunod ng kanyang mga pagsubok. Pagkatapos danasin ni Job ang pagsubok ng kamatayan, saka lamang niya narinig na magsalita si Jehova at narinig ang tinig ni Jehova mula sa ipu-ipo. Subalit hindi niya nakita ang mukha ni Jehova, at hindi niya nalaman ang Kanyang disposisyon. Ang natamo ni Job ay ang materyal na kayamanan lamang na nagbigay ng mga pisikal na kasiyahan at ng pinakamagagandang anak sa lahat ng lungsod sa paligid, pati na ng proteksyon ng mga anghel ng langit. Hindi niya nakita si Jehova kailanman, at bagama't siya ay tinawag na matuwid, hindi niya nalaman kailanman ang disposisyon ni Jehova. At bagama't masasabi na ang mga materyal na kasiyahan ng mga tao ngayon ay kakaunti sa kasalukuyan, o masungit ang kapaligiran ng mundo sa labas, ipinapakita Ko ang Aking disposisyon, na hindi Ko pa naibunyag sa tao kailanman at naging lihim na noon pa man, gayundin ang mga hiwaga ng libu-libong taong nakaraan sa mga tao, na pinakaaba sa lahat ngunit nabigyan Ko ng Aking pinakadakilang pagliligtas. Bukod pa ryan, ito ang unang pagkakataon na naibunyag Ko ang mga bagay na ito; hindi Ko pa nagawa kailanman ang ganitong gawain noon. Bagama't napakababa ninyo kumpara kay Job, daig na daig ninyo siya sa inyong natamo at inyong nakita. Bagama't napagdaanan ninyo ang lahat ng uri ng pagdurusang at naranasan ang lahat ng klase ng paghihirap, ang pagdurusang iyon ay hindi katulad paanuman ng mga pagsubok kay Job; sa halip, ito ang paghatol at pagkastigong tinanggap ng mga tao dahil sa kanilang pagkasuwail, dahil sa kanilang paglaban, at dahil sa Aking matuwid na disposisyon; ito ay matuwid na paghatol, pagkastingo, at sumpa. Si Job, sa kabilang dako, ay isang matuwid na Israelita na tumanggap ng dakilang pagmamahal at kabaitan ni Jehova. Wala siyang nagawang masama, at hindi siya lumaban kay Jehova; sa halip, tapat siyang nagmahal kay Jehova. Dahil sa kanyang katuwiran, sumailalim siya sa mga pagsubok, at dumaan sa nagniningas na mga pagsubok dahil siya ay isang matapat na lingkod ni Jehova. Ang mga tao ngayon ay sumasailalim sa Aking paghatol at sumpa dahil sa kanilang karumihan at kasamaan. Bagama't ang kanilang pagdurusang ay hindi katulad ng pinagdaanan ni Job nang mawala ang kanyang mga alagang hayop, kanyang ari-arian, kanyang mga alipin, kanyang mga anak, at lahat ng mahal sa kanya, ang kanilang pinagdurusahan ay ang naglalagablab na pagpipino at pagsunog. At kaya mas seryoso iyon kaysa sa dinanas ni Job ay dahil ang mga pagsubok na iyon ay hindi nababawasan o naaalis dahil ang mga tao ay mahina; sa halip, pangmatagalan ang mga iyon, at nagpapatuloy hanggang sa huling araw ng buhay ng mga tao. Ito ay parusa, paghatol, at sumpa; ito ay walang-awang pagsunog, at higit pa ryan, ito ang tamang "pamana" sa sangkatauhan. Ito ang nararapat sa mga tao,

at dito ipinapahayag ang Aking matuwid na disposisyon. Alam ng lahat ang katunayang ito. Magkagayunman, ang nakamit ng mga tao ay daig na daig pa ang pagdurusang tinitiiis nila ngayon. Ang pagdurusang inyong tinitiiis ay isang dagok lamang bunga ng inyong kahangalan, samantalang ang inyong nakamit ay daang beses na higit pa kaysa sa inyong pagdurusang. Ayon sa mga batas ng Israel sa Lumang Tipan, lahat ng lumalaban sa Akin, lahat ng hayagang humuhusga sa Akin, at lahat ng hindi sumusunod sa Aking daan, at sa halip ay buong tapang na naghahandog ng mga di-banal na alay sa Akin, ay tiyak na tutupukin ng apoy sa templo o babatuhin ng ilan sa mga taong hinirang hanggang sa mamatay, at kahit ang mga inapo ng sarili nilang angkan at iba pang direktang kamag-anakan ay daranasin ang Aking sumpa. Sa buhay na darating, hindi sila magiging malaya, kundi magiging mga alipin ng Aking mga alipin, at itatapon Ko sila sa piling ng mga Hentil, at hindi sila makakabalik sa kanilang bayang tinubuan. Batay sa kanilang mga kilos at pag-uugali, ang pagdurusang tinitiiis ng mga tao ngayon ay hindi man lamang kasimbigit ng parusang dinanas ng mga Israelita. Ang pagsasabi na ang inyong dinaranas sa kasalukuyan ay paghihiganti ay makatwiran, dahil talagang lumagpas na kayo sa hangganan. Kung nasa Israel kayo, naging isa na sana kayo sa mga walang-hanggang makasalanan, at matagal na sana kayong pinagputol-putol ng mga Israelita at nasunog ng apoy mula sa langit sa templo ni Jehova. Ano na ang inyong nakamit ngayon? Ano na ang inyong natanggap, at ano na ang inyong natamasa? Naihayag Ko sa inyo ang Aking matuwid na disposisyon, ngunit ang pinakamahalaga ay na naihayag Ko ang Aking pasensya para sa pagtubos sa sangkatauhan. Masasabi na lahat ng gawaing Aking nagawa sa inyo ay gawain lamang ng pagpapasensya; ginawa iyon alang-alang sa Aking pamamahala at, higit pa riyan, ginawa iyon alang-alang sa kasiyahan ng sangkatauhan.

Bagama't pinagdaanan ni Job ang mga pagsubok ni Jehova, isa lamang siyang matuwid na tao na sumamba kay Jehova. Sa kabila ng pagdaan sa gayong mga pagsubok, hindi siya nagreklamo tungkol kay Jehova, at pinahalagahan niya ang pakikipagtagpo niya sa Kanya. Hindi lamang hindi itinatangi ng mga tao ngayon ang presensya ni Jehova, kundi tinatanggihan, kinamumuhian, inirereklamo, at pinagtatawanan pa nila ang Kanyang pagpapakita. Hindi ba kayo nagkamit ng marami? Napakalaki ba talaga ng naging pagdurusang ninyo? Hindi ba kayo mas mapalad kaysa kina Maria at Santiago? At talaga bang naging napakaliit lang ng inyong paglaban? Maaari kayang napakabigat at napakarami Kong kinailangan at hiningi sa inyo? Pinakawalan lamang ang Aking poot sa mga Israelitang lumaban sa Akin, hindi direkta sa inyo; ang inyong natamo ay ang Akin lamang walang-awang paghatol at mga pagpapahayag, pati na ang walang-humpay na nagniningas na pagpipino. Sa kabila nito, patuloy Akong nilalabanan at pinabubulaanan ng mga tao, at ginagawa nila iyon nang wala ni kaunting pagpapasakop. May ilan pa na inilalayo ang sarili nila sa Akin at itinatatwa Ako; ang gayong mga tao ay walang pinagkaiba sa pangkat nina Kora at Datan na kumontra kay Moises. Napakatigas ng puso ng mga tao, at ang kanilang kalikasan ay napakasutil. Hindi nila binabago ang

mga dati nilang gawi kailanman. Masasabi Ko na sila ay hubad na parang mga patutot sa ilalim ng sikat ng araw, at mabagsik ang Aking mga salita hanggang sa maaari ngang “masakit pakinggan” ang mga ito, na naglalantad sa kalikasan ng mga tao sa liwanag ng araw—subalit tumatango lamang sila, lumuluha nang kaunti, at pinipilit ang sarili nila na malungkot nang bahagya. Kapag nakalipas na ito, kasimbangis sila ng hari ng mababangis na hayop sa kabundukan, at wala sila ni katiting na kamalayan. Paano malalaman ng mga taong may ganitong disposisyon na daang beses silang naging mas mapalad kaysa kay Job? Paano nila matatanto na ang kanilang tinatamasa ay mga pagpapalang halos hindi nakita sa nagdaang mga kapanahunan, at na hindi pa natamasa ninuman noong araw? Paano mararamdaman ng konsiyensya ng mga tao ang gayong mga pagpapala, mga pagpapalang may lakip na kaparusahan? Sa deretsahang pagsasalita, ang tanging hinihingi Ko sa inyo ay upang kayo ay maging mga huwaran para sa Aking gawain, mga saksi para sa Aking buong disposisyon at sa lahat ng kilos Ko, at upang kayo ay mapalaya mula sa mga pagpapahirap ni Satanas. Subalit ang sangkatauhan ay palaging nasusuklam sa Aking gawain at sadyang laban dito. Paano Ako hindi mauudyukan ng gayong mga tao na ibalik ang mga batas ng Israel, at ipataw sa kanila ang poot na ipinataw Ko sa Israel? Bagama’t marami sa inyo ang “masunurin at nagpapasakop” sa Akin, mas marami pang kauri ng pangkat ni Kora. Kapag natamo Ko na ang Aking ganap na kaluwalhatian, gagamitin Ko ang apoy mula sa langit upang sunugin sila hanggang sa maging abo. Dapat ninyong malaman na hindi Ko na kakastiguhin ang mga tao sa pamamagitan ng Aking mga salita; sa halip, bago Ko gawin ang gawain ng Israel, lubos kong susunugin “ang pangkat ni Kora” na lumalaban sa Akin at na matagal Ko nang inalis. Hindi na magkakaroon ng pagkakataon ang sangkatauhan na tamasahin Ako; sa halip, ang makikita lamang nila ay ang Aking poot at mga apoy mula sa langit. Ibubunyag Ko ang iba-ibang kalalabasan ng lahat ng uri ng mga tao, at hahatiin Ko silang lahat sa iba’t ibang kategorya. Itatala Ko ang bawat pagsuway nila at saka ko tatapusin ang Aking gawain, upang mapagpasyahan ang kalalabasan ng mga tao batay sa Aking hatol habang Ako ay nasa lupa pati na ang kanilang mga saloobin sa Akin. Pagdating ng panahong iyon, walang anumang makakapagbago ng kanilang kalalabasan. Hayaang ibunyag ng mga tao ang sarili nilang kalalabasan! Pagkatapos ay ipapasa Ko ang kalalabasan ng mga tao sa Ama sa langit.

Ano ang Pagkaunawa Mo sa Diyos?

Matagal nang naniniwala ang mga tao sa Diyos, subalit karamihan sa kanila ay hindi nauunawaan ang ibig sabihin ng salitang “Diyos,” at sumusunod lamang sila nang may pagkalito. Wala silang kaalam-alam kung bakit talaga dapat maniwala ang tao sa Diyos, o kung ano ang Diyos. Kung ang alam lamang ng tao ay maniwala at sumusunod sa Diyos, ngunit hindi kung ano ang Diyos, at kung hindi rin nila kilala ang Diyos, hindi ba

napakalaking biro lamang nito? Kahit, malayo na ang narating, maraming nasaksihan ang mga tao na makalangit na mga hiwaga, at nakarinig ng malalim na kaalamang hindi kailanman naunawaan ng tao noon, wala silang alam tungkol sa karamihan sa pinakapayak na mga katotohanang hindi napag-isipan ng tao noon. Maaaring sabihin ng ilan na, “Maraming taon na kaming naniniwala sa Diyos. Paanong hindi namin malalaman kung ano ang Diyos? Hindi ba kami minamaliit ng tanong na ito?” Gayunman, ang totoo, kahit sinusunod Ako ng mga tao ngayon, wala silang alam tungkol sa anuman sa gawain sa ngayon, at bigo silang maintindihan kahit ang pinakamalilinaw at pinakamadadaling tanong, maliban pa sa napakakumplikadong mga bagay na tulad ng tungkol sa Diyos. Dapat mong malaman na ang mga katanungang walang kinalaman sa iyo, na hindi mo pa natutukoy, ang siyang pinakamahalagang maunawaan mo, sapagkat ang alam mo lamang ay sumunod sa karamihan, nang hindi pinapansin at walang pakialam kung ano ang dapat mong isangkap sa iyong sarili. Alam mo ba talaga kung bakit dapat kang magkaroon ng pananampalataya sa Diyos? Alam mo ba talaga kung ano ang Diyos? Alam mo ba talaga kung ano ang tao? Bilang isang taong may pananampalataya sa Diyos, kung bigo kang unawain ang mga bagay na ito, hindi ka ba nawawalan ng dignidad ng isang mananampalataya sa Diyos? Ang gawain Ko ngayon ay ito: ang ipaunawa sa mga tao ang pinakadiwa nila, ipaunawa ang lahat ng Aking ginagawa, at ipaalam ang tunay na mukha ng Diyos. Ito ang gawaing tatapos sa Aking plano ng pamamahala, ang huling yugto ng Aking gawain. Kaya sinasabi Ko sa inyo nang maaga ang lahat ng hiwaga ng buhay, upang matanggap ninyong lahat ito mula sa Akin. Dahil ito ang gawain sa huling kapanahunan, kailangan Kong sabihin sa inyo ang lahat ng katotohanan ng buhay na ayaw ninyong pakinggan noon, bagama’t wala kayong kakayahang unawain o pasanin ang mga ito dahil sadyang salat na salat kayo at labis na di-nasasangkapan. Wawakasan Ko ang Aking gawain; kukumpletuhin Ko ang gawaing dapat Kong gawin, at ipapaalam Ko sa inyo ang lahat ng naipagbilin Ko sa inyo, kung hindi ay baka muli kayong maligaw ng landas at mahulog sa mga pakana ng diyablo kapag nagsimulang dumilim. Maraming paraang hindi ninyo nauunawaan, maraming bagay kayong hindi nalalaman. Napakamangmang ninyo; alam na alam Ko ang inyong tayog at inyong mga pagkukulang. Samakatuwid, kahit maraming salitang hindi ninyo kayang unawain, handa pa rin Akong sabihin sa inyo ang lahat ng katotohanang ito na ayaw ninyong pakinggan noon, dahil lagi Akong nag-aalala kung nagagawa ninyo, sa inyong kasalukuyang tayog, na manindigan sa inyong patotoo sa Akin. Hindi sa minamaliit Ko kayo; mababangis na hayop kayong lahat na kailangan pang sumailalim sa Aking pormal na pagsasanay, at hindi Ko talaga makita kung gaano kalaki ang kaluwalhatiang nasa inyo. Bagama’t nagpagod na Ako nang husto sa paggawa sa inyo, tila talagang walang mga positibong elementong umiiral sa inyo, at mabibilang sa daliri ang mga negatibong elemento at nagsisilbing mga patotoo lamang na naghahatid ng kahihyan kay Satanas. Halos lahat ng iba pang nasa inyo ay lason ni Satanas. Ang tingin Ko sa inyo ay parang hindi na kayo maaaring iligtas. Sa lagay ng mga bagay-bagay, tinitingnan Ko ang iba’t ibang

pagpapahayag at kilos ninyo, at sa wakas, alam Ko na ang tunay ninyong tayog. Kaya palagi Akong nag-aalala sa inyo: Mag-isang namumuhay, talaga kayang ang kalagayan ng mga tao ay mas mabuti o maikukumpara sa kalagayan nila ngayon? Hindi ba kayo nababahala sa kababaan ninyo? Talaga bang maaari kayong makatulad ng mga taong hinirang sa Israel—tapat sa Akin, at sa Akin lamang, sa lahat ng oras? Ang nakikita sa inyo ay hindi ang kapilyuhan ng mga batang napalayo sa kanilang mga magulang, kundi ang kabangisang lumalabas mula sa mga hayop na hindi abot ng mga latigo ng kanilang mga amo. Dapat ninyong malaman ang inyong likas na pagkatao, na siya ring kahinaan ninyong lahat; ito ay isang sakit na karaniwan sa inyong lahat. Sa gayon, ang payo Ko lamang sa inyo ngayon ay manindigan kayo sa inyong patotoo sa Akin. Anuman ang sitwasyon, huwag ninyong tulutang bumalik ang dati ninyong sakit. Ang pinakamahalaga ay magpatotoo—ito ang buod ng Aking gawain. Dapat ninyong tanggapin ang Aking mga salita tulad ng pagtanggap ni Maria sa paghahayag ni Jehova sa kanya sa isang panaginip: sa paniniwala, at pagkatapos ay pagsunod. Ito lamang ang maituturing na pagiging malinis. Sapagkat kayo ang pinakamadalas na makarinig sa Aking mga salita, ang Aking mga pinaka-pinagpala. Ibinigay Ko na sa inyo ang lahat ng mahahalagang pag-aari Ko, lubos Ko nang ipinagkaloob sa inyo ang lahat, subalit lubhang naiiba ang katayuan ninyo sa mga tao ng Israel; talagang malayung-malayo kayo. Ngunit kumpara sa kanila, mas marami kayong natanggap; samantalang desperado silang naghihintay sa Aking pagpapakita, masasaya ang mga araw ninyo sa piling Ko, nakikibahagi sa Aking kabutihan. Dahil sa pagkakaibang ito, ano ang nagbibigay sa inyo ng karapatan na putakan at kataluhin Ako at hingin ang inyong bahagi ng Aking mga pag-aari? Hindi ba marami na kayong natanggap? Napakarami Kong ibinibigay sa inyo, ngunit ang iginaganti ninyo sa Akin ay makabagbag-damdaming kalungkutan at pagkabalisa, di-mapigil na sama ng loob at kawalang-kasiyahan. Napakasama ninyo—subalit nakakaawa rin kayo, kaya wala Akong ibang magagawa kundi lunukin ang lahat ng sama ng loob Ko at iparating ang mga inaayawan Ko sa inyo nang paulit-ulit. Sa nakalipas na ilang libong taon ng gawain, hindi Ako tumutol kailanman sa sangkatauhan dahil natuklasan Ko na, sa buong pag-unlad ng sangkatauhan, ang “mga manloloko” lamang sa inyo ang kilalang-kilala, na parang mahahalagang pamanang iniwan sa inyo ng sikat na mga ninuno noong unang panahon. Galit na galit Ako sa mga taong mas masahol pa kaysa mga baboy at aso. Masyado kayong walang konsiyensya! Napakababa ng pagkatao ninyo! Napakatigas ng puso ninyo! Kung nadala Ko ang mga salita at gawaing ito sa mga Israelita, matagal na sana Akong nagtamo ng kaluwalhatian. Ngunit sa inyo ay hindi ito posibleng makamit; sa inyo, mayroon lamang malupit na kapabayaang, inyong pagbabalewala, at inyong mga pagdadahilan. Masyado kayong walang pakiramdam, at walang halaga!

Dapat ninyong ibigay ang lahat para sa Aking gawain. Dapat kayong gumawa ng gawaing kapaki-pakinabang sa Akin. Handa Akong ipaliwanag sa inyo ang lahat ng hindi ninyo nauunawaan para matutuhan ninyo mula sa Akin ang lahat ng wala sa inyo.

Bagama't di-mabilang sa dami ang inyong mga depekto, handa Akong patuloy na gawin ang gawaing dapat Kong gawin sa inyo, ipagkaloob sa inyo ang huling awa Ko para makinabang kayo mula sa Akin at magtamo kayo ng kaluwalhatiang wala sa inyo at hindi pa nakikita ng mundo kailanman. Nagtrabaho na Ako nang napakaraming taon, subalit hindi Ako nakilala ng sinumang tao kailanman. Nais Kong sabihin sa inyo ang mga lihim na hindi Ko pa nasasabi kailanman kahit kanino.

Sa mga tao, Ako ang Espiritung hindi nila makita, ang Espiritung hindi nila makakasalamuha kailanman. Dahil sa tatlong yugto ng Aking gawain sa lupa (paglikha ng mundo, pagtubos, at pagwasak), nagpapakita Ako sa gitna nila sa iba't ibang panahon (hindi sa publiko kailanman) upang gawin ang Aking gawain sa mga tao. Ang unang pagkakataon na pumarito Ako sa mga tao ay noong Kapanahunan ng Pagtubos. Mangyari pa, napunta Ako sa isang pamilyang Hudyo; sa gayon, ang unang nakakita sa pagparito ng Diyos sa lupa ay ang mga Hudyo. Kaya Ko ginawa nang personal ang gawaing ito ay dahil nais Kong gamitin ang Aking katawang-tao bilang handog dahil sa kasalanan sa Aking gawain ng pagtubos. Sa gayon, ang unang nakakita sa Akin ay ang mga Hudyo sa Kapanahunan ng Biyaya. Iyon ang unang pagkakataon na gumawa Ako na nasa katawang-tao. Sa Kapanahunan ng Kaharian, ang gawain Ko ay manlupig at magperpekto, kaya muli Kong ginawa ang gawaing mag-akay na nasa katawang-tao. Ito ang ikalawang pagkakataon Kong magtrabaho na nasa katawang-tao. Sa huling dalawang yugto ng gawain, ang nakakasalamuha ng mga tao ay hindi na ang di-nakikita at di-nahahawakang Espiritu, kundi isang tao na siyang Espiritung nagkatawang-tao. Sa gayon, sa mga mata ng tao, nagiging tao Akong muli, na hindi kamukha ng anyo at pakiramdam ng Diyos. Bukod dito, ang Diyos na nakikita ng mga tao ay hindi lamang lalaki, kundi babae rin, na lubhang kataka-taka at nakalilito sa kanila. Muli't muli, pinutol na ng Aking pambihirang gawain ang sinaunang mga paniniwalang pinanghawakan sa loob ng napakaraming taon. Nalito ang mga tao! Ang Diyos ay hindi lamang ang Banal na Espiritu, ang Espiritung iyon, ang Espiritung pinatindi nang pitong beses, o ang Espiritung sumasaklaw sa lahat, kundi isang tao rin—isang ordinaryong tao, isang lubhang karaniwang tao. Hindi lamang Siya lalaki, kundi babae rin. Magkapareho sila dahil kapwa Sila isinilang sa mga tao, at magkaiba dahil ipinaglihi ang isa sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at ang isa naman ay isinilang sa isang tao, bagama't nagmula mismo sa Espiritu. Magkatulad Sila dahil pareho Silang Diyos na nagkatawang-tao na nagsasagawa ng gawain ng Diyos Ama, at magkaiba dahil ginagawa ng isa ang gawain ng pagtubos samantalang ang isa naman ay ang gawain ng panlulupig. Parehong kumakatawan sa Diyos Ama, ngunit ang isa ay ang Manunubos, na puno ng kagandahang-loob at awa, at ang isa naman ay ang Diyos ng katuwiran, na puno ng poot at paghatol. Ang isa ay ang Kataas-taasang Pinuno na naglunsad ng gawain ng pagtubos, samantalang ang isa naman ay ang matuwid na Diyos na nagsasakatuparan ng gawain ng panlulupig. Ang isa ay ang Simula, at ang isa naman ay ang Wakas. Ang isa ay walang-kasalananang katawan, samantalang ang isa naman ay katawan na tumatapos sa pagtubos,

nagpapatuloy ng gawain, at hindi nagkakasala kailanman. Pareho Silang iisang Espiritu, ngunit nananahan Sila sa magkaibang katawang-tao at isinilang sa magkaibang lugar, at magkahiwalay Sila nang ilang libong taon. Gayunman, lahat ng Kanilang gawain ay nagpupuno sa isa't isa, hindi kailanman nagkakasalungat, at maaaring banggitin nang sabay. Pareho Silang tao, ngunit ang isa ay isang batang lalaki at ang isa naman ay isang batang babae. Sa loob ng maraming taon na ito, ang nakita ng mga tao ay hindi lamang ang Espiritu at hindi lamang isang tao, isang lalaki, kundi maraming bagay rin na hindi tugma sa mga kuru-kuro ng tao; sa gayon, hindi Ako lubos na naaarok ng mga tao kailanman. Patuloy silang naniniwala at nagdududa sa Akin—na para bang umiiral nga Ako, subalit isa rin Akong ilusyong panaginip—kaya nga, hanggang sa araw na ito, hindi pa rin alam ng mga tao kung ano ang Diyos. Talaga bang maibubuod mo Ako sa isang simpleng pangungusap? Talaga bang nangangahas kang sabihing, “Si Jesus ay walang iba kundi ang Diyos, at ang Diyos ay walang iba kundi si Jesus”? Napakatapang mo ba talaga para sabihing, “Ang Diyos ay walang iba kundi ang Espiritu, at ang Espiritu ay walang iba kundi ang Diyos”? Komportable ka bang sabihing, “Ang Diyos ay isang tao lamang na may katawang-tao”? May tapang ka ba talagang igiit na, “Ang larawan ni Jesus ay walang iba kundi ang dakilang larawan ng Diyos”? Nagagawa mo bang gamitin ang iyong kahusayan sa pagsasalita para ipaliwanag nang lubusan ang disposisyon at larawan ng Diyos? Nangangahas ka ba talagang sabihing, “Mga lalaki lamang ang nilikha ng Diyos, hindi mga babae, ayon sa Kanyang sariling larawan”? Kung sasabihin mo ito, walang babaeng mapapabilang sa Aking mga pinili, lalo nang hindi magiging isang klase ng katauhan ang mga babae. Ngayon talaga bang alam mo kung ano ang Diyos? Tao ba ang Diyos? Espiritu ba ang Diyos? Lalaki ba talaga ang Diyos? Si Jesus lamang ba ang maaaring kumumpleto sa gawaing Aking gagawin? Kung isa lamang ang pipiliin mo sa nasa itaas para ibuod ang Aking pinakadiwa, isa kang napakamangmang na tapat na mananampalataya. Kung gumawa Akong minsan bilang katawang-tao, at minsan lamang, lilimitahan kaya ninyo Ako? Nauunawaan ba ninyo talaga Ako nang lubusan sa isang sulyap lamang? Maibubuod mo ba talaga Ako nang ganap batay sa kung ano ang nalantad sa iyo sa buong buhay mo? Kung pareho ang gawaing ginawa Ko sa Aking dalawang pagkakatawang-tao, ano ang magiging tingin mo sa Akin? Hahayaan mo bang nakapako Ako sa krus magpakailanman? Maaari bang maging kasing-simple ng sinasabi mo ang Diyos?

Bagama't ang inyong pananampalataya ay lubhang taos-puso, walang sinuman sa inyo ang may kakayahang ikuwento Ako nang buong-buo, walang sinumang makapagbigay ng buong patotoo sa lahat ng katotohanang nakikita ninyo. Pag-isipan ninyo ito: Ngayon, karamihan sa inyo ay pabaya sa inyong mga tungkulin, sa halip ay hinahangad ninyo ang laman, binibigyang-kasiyahan ang laman, at nagpapasasa sa pagpapakasaya sa laman. Kakaunti ang taglay ninyong katotohanan. Kung gayon, paano ninyo mapapatotohanan ang lahat ng nakita ninyo? Tiwala ba kayo talaga na maaari kayong maging mga saksi Ko? Kung dumating ang isang araw na hindi mo

mapatotohanan ang lahat ng nakita mo ngayon, nawalan ka na ng silbi bilang isang nilalang, at mawawalan na ng anumang kahulugan ang iyong buhay. Hindi ka magiging karapat-dapat na maging tao. Masasabi pa na hindi ka magiging tao! Napakalaki ng nagawa Kong gawain sa inyo, ngunit dahil wala kang natututuhan sa kasalukuyan, wala kang kamalayan sa anuman, at hindi ka epektibo sa iyong mga pagsusumikap, kapag panahon na para palawakin Ko ang Aking gawain, tititig ka lamang sa kawalan, walang imik at lubos na walang-silbi. Hindi ka ba nito gagawing makasalanan habampanahon? Pagdating ng panahong iyon, hindi mo ba madarama ang pinakamatinding pagsisisi? Hindi ka ba malulungkot? Hindi Ko ginagawa ang lahat ng Aking gawain ngayon nang dahil sa katamaran at pagkainip, kundi upang maglatag ng isang pundasyon para sa Aking gawain sa hinaharap. Hindi naman sa wala na Akong patutunguhan at kailangan Kong makabuo ng isang bagay na bago. Dapat mong maunawaan ang gawaing ginagawa Ko; hindi ito isang bagay na ginagawa ng isang batang naglalaro sa kalye, kundi isang gawaing ginagawa bilang kinatawan ng Aking Ama. Dapat ninyong malaman na hindi Ako Mismo ang gumagawa ng lahat ng ito; sa halip, kinakatawan Ko ang Aking Ama. Samantala, ang inyong papel ay ang sumunod nang mahigpit, tumalima, magbago, at magpatotoo. Ang dapat ninyong maunawaan ay kung bakit kayo dapat maniwala sa Akin; ito ang pinakamahalagang tanong na dapat maunawaan ng bawat isa sa inyo. Ang Aking Ama, alang-alang sa Kanyang kaluwalhatian, ay itinadhana kayong lahat para sa Akin mula sa sandaling nilikha Niya ang mundo. Para iyon sa kapakanan ng Aking gawain, at para sa kapakanan ng Kanyang kaluwalhatian, kaya Niya kayo itinadhana. Dahil sa Aking Ama kaya kayo naniniwala sa Akin; dahil sa pagtatadhana ng Aking Ama kaya ninyo Ako sinusunod. Wala sa mga ito ang nagmula sa sarili ninyong pagpapasiya. Ang mas mahalaga pa ay nauunawaan ninyo na kayo ang siyang ipinagkaloob sa Akin ng Aking Ama para magpatotoo sa Akin. Dahil ipinagkaloob Niya kayo sa Akin, dapat kayong sumunod sa mga daan na ipinagkakaloob Ko sa inyo, gayundin sa mga daan at sa mga salitang itinuturo Ko sa inyo, sapagkat tungkulin ninyong sumunod sa Aking mga daan. Ito ang orihinal na layunin ng inyong pananampalataya sa Akin. Samakatuwid, sinasabi Ko sa inyo ito: Kayo ay mga tao lamang na ipinagkaloob ng Aking Ama sa Akin upang sumunod sa Aking mga daan. Gayunman, naniniwala lamang kayo sa Akin; hindi kayo sa Akin sapagkat hindi kayo nanggaling sa pamilyang Israelita, at sa halip ay kauri kayo ng sinaunang ahas. Ang hinihiling Ko lamang na gawin ninyo ay magpatotoo para sa Akin, ngunit ngayon ay kailangan kayong lumakad sa Aking mga daan. Lahat ng ito ay para sa kapakanan ng patotoo sa hinaharap. Kung magiging mga tao lamang kayo na nakikinig sa Aking mga daan, hindi kayo magkakaroon ng halaga, at ang kabuluhan ng pagkakaloob sa inyo ng Aking Ama sa Akin ay mawawala. Ang pilit Kong sinasabi sa inyo ay ito: Dapat kayong lumakad sa Aking mga daan.

Ang Kahulugan ng Maging Isang Tunay na Tao

Noon pa man ay tungkulin Ko na ang pamahalaan ang tao. Bukod pa ryan, ang paglupig sa tao ang itinalaga Ko nang likhain Ko ang mundo. Maaaring hindi alam ng mga tao na ganap Kong lulupigin ang tao sa mga huling araw, o na ang paglupig sa mga suwail sa sangkatauhan ang katibayan na tinalo Ko si Satanas. Ngunit, nang makipaglaban sa Akin ang Aking kaaway, sinabihan Ko na ito na lulupigin Ko yaong mga nabihag ni Satanas at nagawa silang mga anak nito, nagawang matatapat na alipin na nakabantay sa bahay nito. Ang orihinal na kahulugan ng lupigin ay talunin, sumailalim sa kahihyan; sa wika ng mga Israelita, ang ibig sabihin nito ay lubos na talunin, wasakin, at alisan ng kakayahan na higit Akong malabanan. Ngunit ngayon, kapag ginamit sa inyo, ang kahulugan nito ay lupigin. Dapat ninyong malaman na ang Aking layunin ay ganap na lipulin at pasukuin ang masasama sa sangkatauhan, upang hindi na sila makapaghimagsik laban sa Akin, lalo nang hindi magkaroon ng pagkakataon na guluhin o gambalain ang Aking gawain. Sa gayon, pagdating sa tao, ang salitang ito ay nangahulugan na ng paglupig. Anuman ang mga ipinahihiwatig ng salita, ang Aking gawain ay talunin ang mga tao. Sapagkat samantalang totoo na ang sangkatauhan ay dagdag sa Aking pamamahala, para mas tumpak, ang mga tao ay walang iba kundi ang Aking mga kaaway. Ang mga tao ay ang masasama na lumalaban at sumusuway sa Akin. Ang mga tao ay walang iba kundi ang anak ng masama na Aking isinumpa. Ang mga tao ay walang iba kundi ang mga inapo ng arkanghel na nagkanulo sa Akin. Ang mga tao ay walang iba kundi ang pamana ng diyablo, na tinanggihan Ko nang may pagkamuhi noong unang panahon, na naging kaaway Ko na hindi Ko nakasundo simula noon. Sapagkat ang kalangitan sa itaas ng buong sangkatauhan ay malabo at madilim, wala ni katiting na impresyon ng kalinawan, at ang mundo ng tao ay nalubog sa sukdulang kadiliman, kaya ni hindi makita ng nabubuhay rito ang kanyang nakaunat na kamay na nasa kanyang harapan o ang araw kapag siya ay nakatingala. Ang daan na kanyang tinatapakan, na maputik at puro lubak, ay paliku-liko; nagkalat ang mga bangkay sa buong lupain. Ang madidilim na sulok ay puno ng mga labi ng patay, at sa malalamig at madidilim na sulok ay naninirahan ang mga pulutong ng mga demonyo. At saanman sa mundo ng mga tao paroo't parito ang mga demonyo nang sama-sama. Ang mga anak ng lahat ng klase ng mga halimaw, na natatakpan ng dumi, ay subsob sa matinding labanan, na ang ingay ay nakasisindak sa puso. Sa gayong mga pagkakataon, sa gayong mundo, sa gayong "paraiso sa lupa," saan tutungo ang isang tao upang maghanap ng mga kagalakan sa buhay? Saan makakapunta ang isang tao upang mahanap ang kanyang hantungan sa buhay? Ang sangkatauhan, na matagal nang tinatapakan ni Satanas, sa simula pa lamang ay naging isang artistang taglay ang larawan ni Satanas—higit pa ryan, ang sangkatauhan ang sagisag ni Satanas, at nagsisilbing katibayan na nagpapatotoo kay Satanas, nang napakalinaw. Paano makakapagpatotoo sa Diyos ang gayong lahi ng tao, gayong pangkat ng masama't kasuklam-suklam,

gayong supling ng tiwaling pamilyang ito ng tao? Saan galing ang Aking kaluwalhatian? Saan maaaring magsimula ang isang tao na banggitin ang Aking patotoo? Sapagkat ang kaaway, dahil nagawa nang tiwali ang sangkatauhan, ay kinakalaban Ako, naangkin na ang sangkatauhan—ang sangkatauhang nilikha Ko noong unang panahon at pinuspos ng Aking kaluwalhatian at Aking pagsasabuhay—at dinungisan sila. Naagaw nito ang Aking kaluwalhatian, at ang tanging itinanim nito sa tao ay lason na lubhang nahaluan ng kapangitan ni Satanas, at katas mula sa bunga ng puno ng kaalaman tungkol sa mabuti at masama. Sa simula, nilikha Ko ang sangkatauhan; ibig sabihin, nilikha Ko ang ninuno ng sangkatauhan, si Adan. Pinagkalooban siya ng anyo at larawan, na puno ng lakas, puno ng sigla, at, bukod pa ryan, kapiling ng Aking kaluwalhatian. Iyan ang maluwalhating araw nang likhain Ko ang tao. Pagkatapos niyan, ginawa si Eba mula sa katawan ni Adan, at siya man ay ninuno ng tao, kaya nga ang mga taong nilikha Ko ay puno ng Aking hininga at puno ng Aking kaluwalhatian. Si Adan ay orihinal na isinilang mula sa Aking kamay at siyang kumakatawan sa Aking larawan. Sa gayon ang orihinal na kahulugan ng “Adan” ay isang nilalang na Aking nilikha, pinuspos ng Aking mahalagang lakas, pinuspos ng Aking kaluwalhatian, may anyo at larawan, may espiritu at hininga. Siya lamang ang nilalang, may angking espiritu, na may kakayahang kumatawan sa Akin, taglayin ang Aking larawan, at tanggapin ang Aking hininga. Sa simula, si Eba ang ikalawang taong pinagkalooban ng hininga na ang paglikha ay Aking naitalaga, kaya ang orihinal na kahulugan ng “Eba” ay isang nilalang na magpapatuloy ng Aking kaluwalhatian, puno ng Aking sigla at bukod pa ryan ay pinagkalooban ng Aking kaluwalhatian. Si Eba ay nagmula kay Adan, kaya taglay rin niya ang Aking larawan, sapagkat siya ang ikalawang taong nilalang sa Aking larawan. Ang orihinal na kahulugan ng “Eba” ay isang buhay na tao, may espiritu, laman, at buto, ang Aking ikalawang patotoo gayundin ang Aking ikalawang larawan sa sangkatauhan. Sila ang mga ninuno ng sangkatauhan, ang dalisay at mahalagang kayamanan ng tao, at, nagmula sa una at buhay na mga nilalang na pinagkalooban ng espiritu. Gayunman, tinapakan at binihag ng masama ang supling ng mga ninuno ng sangkatauhan, at isinadlak ang mundo ng tao sa ganap na kadiliman, at ginawa ito upang hindi na maniwala ang supling sa Aking pag-iral. Mas kasuklam-suklam pa ay na, habang ginagawang tiwali ng masama ang mga tao at tinatapakan sila, malupit nitong inaagaw ang Aking kaluwalhatian, ang Aking patotoo, ang siglang ipinagkaloob Ko sa kanila, ang hininga at ang buhay na ibinibigay Ko sa kanila, ang Aking buong kaluwalhatian sa mundo ng tao, at lahat ng dugo sa puso na Aking ginugol sa sangkatauhan. Wala na sa liwanag ang sangkatauhan, at naiwala na ng mga tao ang lahat ng Aking ipinagkaloob sa kanila, at itinaapon na nila ang kaluwalhati ang Aking ipinagkaloob. Paano nila maaaring kilalanin na Ako ang Panginoon ng lahat ng nilalang? Paano sila patuloy na maniniwala sa Aking pag-iral sa langit? Paano nila matutuklasan ang mga pagpapamalas ng Aking kaluwalhatian sa ibabaw ng lupa? Paano ituturing ng mga apong lalaki at babaeng ito ang Diyos na pinagpitaganan ng sarili nilang mga ninuno bilang Panginoon na lumikha sa kanila? Ang kaawa-awang

mga apong ito ay lubos na “inilahad” sa masama ang kaluwalhatian, ang larawan, at ang patotoong ipinagkaloob Ko kina Adan at Eba, gayundin ang buhay na ipinagkaloob Ko sa sangkatauhan at kung saan sila umaasa sa pag-iral; at, lubos silang hindi nag-aalala sa presensya ng masama, at ibinibigay ang Aking buong kaluwalhatian dito. Hindi ba ito mismo ang pinagmulan ng titulong “basura”? Paano tataglayin ng gayong sangkatauhan, gayong kasasamang demonyo, gayong mga bangkay na naglalakad, gayong mga anyo ni Satanas, gayong mga kaaway Ko ang Aking kaluwalhatian? Babawiin Ko ang Aking kaluwalhatian, babawiin Ko ang Aking patotoo na umiiral sa mga tao, at lahat ng dating Akin at ibinigay Ko sa sangkatauhan noong unang panahon—ganap Kong lulupigin ang sangkatauhan. Gayunman, dapat mong malaman na ang mga taong Aking nilikha ay mga banal na tao na taglay ang Aking larawan at Aking kaluwalhatian. Hindi sila nabilang kay Satanas, ni hindi sila natapakan nito, kundi purong pagpapamalas Ko lamang, malaya sa pinaka-kaunting bahid ng lason ni Satanas. Kaya nga, ipinapaalam Ko sa sangkatauhan na ang tanging nais Ko ay yaong nilikha ng Aking kamay, ang mga banal na Aking minamahal at hindi nabibilang sa anupamang ibang nilalang. Bukod pa ryan, malulugod Ako sa kanila at ituturing Ko silang Aking kaluwalhatian. Gayunman, ang nais Ko ay hindi ang sangkatauhang nagawang tiwali ni Satanas, na nabibilang kay Satanas ngayon, at hindi na ang Aking orihinal na likha. Dahil layon Kong bawiin ang Aking kaluwalhati na umiiral sa mundo ng tao, ganap Kong lulupigin ang natitira sa sangkatauhan, bilang katunayan ng Aking kaluwalhatian sa pagtalo kay Satanas. Ang Aking patotoo lamang ang tinatanggap Ko bilang pagbubuo ng Aking sarili, bilang layon ng Aking kasiyahan. Ito ang Aking kalooban.

Sampu-sampung libong taon ng kasaysayan ang kinailangan upang marating ng sangkatauhan ang kinalalagyan nila ngayon, subalit ang sangkatauhang nilikha Ko sa simula ay matagal nang nabaon sa pagkabulok. Ang sangkatauhan ay hindi na ang sangkatauhang hangad Ko, at sa gayon, sa Aking paningin, ang mga tao ay hindi na karapat-dapat na tawaging sangkatauhan. Sa halip, sila ang basura ng sangkatauhan na nabihag ni Satanas, ang bulok na mga bangkay na naglalakad na sinasapian ni Satanas at ginagamit nitong bihisan. Walang tiwala ang mga tao sa Aking pag-iral, ni hindi sila sumasalubong sa Aking pagdating. Tumutugon lamang nang may pagkainis ang sangkatauhan sa Aking mga kahilingan, pansamantalang sumasang-ayon sa mga iyon, at hindi taos-pusong nakikibahagi sa mga kagalakan at kalungkutan Ko sa buhay. Dahil ang tingin ng mga tao ay mahiwaga Ako, pinakikitaan nila Ako ng nakakainis na ngiti, ang pag-uugali nila ay magpaginhawa roon sa may kapangyarihan, sapagkat walang alam ang mga tao tungkol sa Aking gawain, lalo na sa Aking kalooban sa kasalukuyan. Magtatapat Ako sa inyo: Pagdating ng araw, ang paghihirap ng sinumang sumasamba sa Akin ay magiging mas madaling tiisin kaysa sa inyo. Ang laki ng inyong pananampalataya sa Akin, sa totoo lang, ay hindi nakahihigit kaysa kay Job—kahit ang pananampalataya ng mga Pariseong Hudyo ay nakahihigit sa inyo—kaya nga, kung dumating ang araw ng apoy, magiging mas matindi ang inyong paghihirap kaysa sa mga

Pariseo nang sawayin sila ni Jesus, kaysa roon sa 250 pinunong kumontra kay Moises, at kaysa roon sa Sodoma sa ilalim ng nakakapasong apoy ng pagkawasak nito. Nang hinampas ni Moises ang bato, at ang tubig na ibinigay ni Jehova ay bumukal, ito ay dahil sa kanyang pananampalataya. Nang tinugtog ni David ang lira sa pagpupuri sa Akin, si Jehova—na ang kanyang puso ay puno ng kagalakan—ito ay dahil sa kanyang pananampalataya. Nang nawala kay Job ang kanyang kawan na pumupuno sa mga bundok at ang di-masukat na kayamanan, at ang kanyang katawan ay napuno ng masasakit na pigsa, ito ay dahil sa kanyang pananampalataya. Kapag naririnig niya ang tinig Ko, si Jehova, at nakikita ang Aking kaluwalhatian, si Jehova, ito ay dahil sa kanyang pananampalataya. Nakasunod si Pedro kay Jesucristo dahil sa kanyang pananampalataya. Naipako siya sa krus alang-alang sa Akin at nakapagbigay ng maluwalhating patotoo dahil din sa kanyang pananampalataya. Nang nakita ni Juan ang maluwalhating larawan ng Anak ng tao, ito ay dahil sa kanyang pananampalataya. Nang nakita niya ang pangitain ng mga huling araw, lalo nang lahat ito ay dahil sa kanyang pananampalataya. Ang dahilan kung bakit ang sinasabing karamihan ng mga bansang Hentil ay nakatamo ng Aking paghahayag, at nakaalam na nakabalik na Ako sa katawang-tao upang gawin ang Aking gawain sa gitna ng tao, ay dahil din sa kanilang pananampalataya. Lahat niyaong hinahampas ng Aking malupit na mga salita ngunit nabibigyang-aluw ng mga iyon at inililigtas—hindi ba nila nagawa ang gayon dahil sa kanilang pananampalataya? Yaong mga naniniwala sa Akin ngunit nagdaranas pa rin ng mga paghihirap, hindi ba itinakwil na rin sila ng mundo? Yaong mga namumuhay sa labas ng Aking salita, na tumatakas sa pagdanas ng pagsubok, hindi ba lahat sila ay palutang-lutang sa buong mundo? Katulad sila ng mga dahon sa taglagas na naglalaglagan kung saan-saan, walang mapagpahingahan, lalong wala sila ng Aking mga salita ng pag-aluw. Bagama't hindi sila sinusundan ng Aking pagkastigo at pagpipino, hindi ba sila mga pulubing palutang-lutang kung saan-saan, pagala-gala sa mga lansangan sa labas ng kaharian ng langit? Talaga bang ang mundo ang iyong pahingahan? Matatamo mo ba talaga, sa pag-iwas sa Aking pagkastigo, ang pinakabahagyang ngiti ng pasasalamat mula sa mundo? Magagamit mo ba talaga ang iyong panandaliang kasiyahan upang pagtakpan ang kahungkagan sa iyong puso, kahungkagan na hindi maitatago? Maaari mong lokohin ang sinuman sa iyong pamilya, ngunit hinding-hindi mo Ako maloloko. Dahil napakaliit ng iyong pananampalataya, hanggang sa araw na ito, wala ka pa ring kapangyarihang makasumpong ng anuman sa mga katuwaang handog ng buhay. Hinihimok kita: mas mabuti pang taos-puso mong gugulin ang kalahati ng iyong buong buhay para sa Aking kapakanan kaysa gugulin mo ang iyong buong buhay sa walang kabuluhan at kaabalahan para sa laman, na tinitii ang lahat ng pagdurusang halos hindi makayanan ng isang tao. Ano ang silbi ng pagpapahalaga nang husto sa iyong sarili at pagtakas mula sa Aking pagkastigo? Ano ang silbi ng itago ang iyong sarili mula sa Aking panandaliang pagkastigo para lamang umani ng walang-hanggang kahihiyan, ng walang-hanggang pagkastigo? Sa katunayan, hindi ko pinasusunod ang sinuman sa Aking kalooban. Kung

talagang handa ang isang tao na magpasakop sa lahat ng Aking plano, hindi Ko sila tatratuhin nang masama. Ngunit kinakailangan Ko na maniwala sa Akin ang lahat ng tao, tulad ng paniniwala ni Job sa Akin, si Jehova. Kung ang inyong pananampalataya ay higit pa kaysa kay Tomas, matatamo ng inyong pananampalataya ang Aking papuri, sa inyong katapatan matatagpuan ninyo ang Aking kaligayahan, at siguradong matatagpuan ninyo ang Aking kaluwalhatian sa inyong mga araw. Gayunman, ang mga taong naniniwala sa mundo at naniniwala sa diyablo ay pinatigas na ang kanilang puso, gaya lamang ng marami sa lungsod ng Sodoma, na may mga butil ng buhanging dala ng hangin sa kanilang mga mata at mga handog mula sa diyablo sa kanilang bibig, na ang nadirimlang mga isipan ay matagal nang naangkin ng masama na kumamkam na sa mundo. Ang kanilang mga kaisipan ay halos nabihag nang buo ng diyablo ng sinaunang panahon. Kaya nga, ang pananampalataya ng sangkatauhan ay nahipan na ng hangin, at hindi nila napapansin man lamang ang Aking gawain. Ang magagawa lamang nila ay tangkaing tratuhin ang Aking gawain nang pahapyaw o suriin ito nang padaskol, dahil matagal na silang napuno ng lason ni Satanas.

Lulupigin Ko ang sangkatauhan dahil nilikha Ko ang mga tao at, bukod pa ryan, natamasa na nila ang lahat ng masaganang layon ng Aking paglikha. Ngunit tinanggihan na rin Ako ng mga tao; wala Ako sa kanilang puso, at ang tingin nila sa Akin ay pabigat Ako sa kanilang buhay, maging hanggang sa punto kung saan, dahil tunay nila Akong nakita, itinatakwil pa rin nila Ako, at pinipiga nila ang kanilang utak sa pag-iisip ng lahat ng posibleng paraan para talunin Ako. Hindi Ako hinahayaan ng mga tao na tratuhin sila nang seryoso o gumawa ng mahihigpit na kahilingan sa kanila, ni hindi nila Ako pinapayagang hatulan o kastiguhin ang kanilang pagiging hindi matuwid. Dahil ayaw Kong mag-abala rito, naiinis sila. Kaya nga ang Aking gawain ay kunin ang sangkatauhang kumakain, umiinom, at nagpapalayaw sa Akin ngunit hindi Ako kilala, at talunin sila. Aalisan Ko ng sandata ang sangkatauhan, at pagkatapos, dala ang Aking mga anghel, dala ang Aking kaluwalhatian, babalik Ako sa Aking tirahan. Sapagkat ang mga kilos ng mga tao ay matagal nang nakadurog sa Aking puso at nakawasak sa Aking gawain. Balak Kong bawiin ang kaluwalhati na nagaw niyaong masama bago Ako lumakad nang masaya palayo, na hinahayaan ang sangkatauhan na patuloy na mabuhay, patuloy na “mamuhay at gumawa nang payapa at matiwasay,” patuloy na “linangin ang sarili nilang mga bukirin,” at hindi na Ako makikialam sa kanilang buhay. Ngunit ngayon ay layon Kong lubusang bawiin ang Aking kaluwalhatian mula sa kamay ng masama, bawiin ang kabuuan ng kaluwalhati na inilakip Ko sa tao nang likhain Ko ang mundo. Hindi Ko na ito muling ipagkakaloob kailanman sa sangkatauhan sa lupa. Sapagkat hindi lamang nabigo ang mga tao na ingatan ang Aking kaluwalhatian, kundi ipinagpalit na nila ito sa larawan ni Satanas. Hindi pinahahalagahan ng mga tao ang Aking pagdating, ni hindi nila pinahahalagahan ang araw ng Aking kaluwalhatian. Hindi sila natutuwang tanggapin ang Aking pagkastigo, lalong ayaw nilang ibalik sa Akin ang Aking kaluwalhatian, ni ayaw nilang iwaksi ang lason ng masama. Patuloy Akong nililinlang ng sangkatauhan sa dating

makalumang paraan, masaya ang ngiti at mukha ng mga tao sa dating makalumang paraan. Hindi nila namamalayan ang kalaliman ng dalamhating sasapit sa sangkatauhan pagkatapos silang lisanin ng Aking kaluwalhatian. Lalo na, hindi nila namamalayan na kapag sumapit ang Aking araw sa buong sangkatauhan, mas mahihirapan sila kaysa sa mga tao noong panahon ni Noe, sapagkat hindi nila alam kung gaano kadilim na ang Israel nang lisanin ito ng Aking kaluwalhatian, sapagkat nalilimutan ng tao sa madaling-araw kung gaano kahirap lampasan ang napakadilim na gabi. Kapag muling nagtago ang araw at bumaba ang kadiliman sa tao, muli siyang mananaghoy at magngangalit ang kanyang mga ngipin sa kadiliman. Nalimutan na ba ninyo, nang lisanin ng Aking kaluwalhatian ang Israel, kung gaano kahirap para sa mga Israelita na tiisin ang mga araw na iyon ng pagdurusa? Ngayon ang panahon kung kailan nakikita ninyo ang Aking kaluwalhatian, at ito rin ang panahon kung kailan nakikibahagi kayo sa araw ng Aking kaluwalhatian. Ang tao ay mananaghoy sa gitna ng kadiliman kapag nilisan ng Aking kaluwalhatian ang maruming lupain. Ngayon ang araw ng kaluwalhatian kung kailan ginagawa Ko ang Aking gawain, at ito ang araw kung kailan palalagpasin Ko ang sangkatauhan mula sa pagdurusa, sapagkat hindi Ko ibabahagi ang mga panahon ng pagpapahirap at pagdurusa sa kanila. Nais Ko lamang ganap na lupigin ang sangkatauhan, at ganap na talunin ang masasama sa sangkatauhan.

Ano ang Alam Mo sa Pananampalataya?

Umiiral lamang sa tao ang hindi tiyak na salita ng pananampalataya, subalit hindi alam ng tao kung ano ang bumubuo sa pananampalataya, lalo na kung bakit siya may pananampalataya. Masyadong kaunti ang nauunawaan ng tao at ang tao mismo ay malaki ang kakulangan; ang pananampalataya niya sa Akin ay wala sa isip at walang pagkaalam. Bagaman hindi niya nalalaman kung ano ang pananampalataya, ni kung bakit may pananampalataya siya sa Akin, patuloy siyang labis-labis na naniniwala sa Akin. Ang hinihiling Ko sa tao ay hindi lamang para labis-labis na tumawag sa Akin sa ganitong paraan o maniwala sa Akin sa isang mababaw na paraan, sapagkat ang gawaing Aking ginagampanan ay upang makita Ako ng tao, at makilala Ako, hindi upang humanga ang tao at tingnan Ako nang may ibang pagkaunawa. Dati Akong nagpamalas ng maraming tanda at himala at gumawa ng maraming milagro, at pinakitaan Ako ng mga Israelita noong panahong iyon ng matinding paghanga at lubhang iginalang ang Aking pambihirang kakayahang magpagaling ng maysakit at magpalayas ng mga demonyo. Noong panahong iyon, ang tingin ng mga Hudyo sa Aking kapangyarihang magpagaling ay pagka-dalubhasa, pambihira—at dahil sa Aking maraming gawa, iginalang nila Akong lahat, at nakadama sila ng malaking paghanga sa lahat ng Aking kapangyarihan. Kaya naman, lahat ng nakakita sa Aking gumawa ng mga milagro ay sinundan Ako nang mabuti, sa gayon ay napalibutan Ako ng libu-libo upang panoorin Akong magpagaling ng maysakit. Nagpamalas

Ako ng napakaraming tanda at himala, ngunit itinuring lamang Ako ng mga tao bilang isang dalubhasang manggagamot; naghayag din Ako ng maraming salita ng pagtuturo sa mga tao noong panahong iyon, ngunit itinuring lamang nila Akong isang gurong nakahihigit sa kanyang mga disipulo! Maging sa araw na ito, matapos matunghayan ng mga tao ang mga pangkasaysayang tala ng Aking gawain, nagpapatuloy ang kanilang interpretasyon na Ako'y isang magaling na doktor na nagpapagaling ng maysakit at isang guro sa mga mangmang. At kinilala nila Ako bilang mahabaging Panginoong Jesucristo. Yaong mga nagbibigay kahulugan sa mga banal na kasulatan ay maaaring nalampasan na ang Aking kakayahan sa pagpapagaling, o maaaring mga disipulo na nadaig na ngayon ang kanilang guro, ngunit ang ganoong mga tao na may dakilang katanyagan, na ang mga pangalan ay kilala sa buong mundo, ay itinuturing Ako na napakababa bilang isang hamak na manggagamot! Mas higit pa sa bilang ng mga butil ng buhangin sa tabing-dagat ang Aking mga gawa, at mas lalong dakila pa kaysa sa lahat ng anak ni Solomon ang Aking karunungan, ngunit ang palagay sa Akin ng mga tao ay isa lamang manggagamot na walang kabuluhan at isang hindi kilalang guro ng tao. Napakaraming naniniwala sa Akin para lamang pagalingin Ko sila. Napakaraming naniniwala sa Akin para lamang gamitin Ko ang Aking mga kapangyarihan upang itaboy ang masasamang espiritu mula sa kanilang mga katawan, at napakaraming naniniwala sa Akin para lamang makatanggap sila ng kapayapaan at kagalakan mula sa Akin. Napakaraming naniniwala sa Akin para lamang hingan Ako ng mas maraming materyal na kayamanan. Napakaraming naniniwala sa Akin para lamang gugulin ang buhay na ito sa kapayapaan at maging ligtas at matiwasay sa mundong darating. Napakaraming naniniwala sa Akin para maiwasang magdusa sa impiyerno at para matanggap ang mga pagpapala ng langit. Napakaraming naniniwala sa Akin para lamang sa pansamantalang kaginhawahan, ngunit hindi naghahangad na magkamit ng anuman sa mundong darating. Nang ibuhos Ko ang Aking matinding galit sa tao at bawiin ang lahat ng kaligayahan at kapayapaan na dati niyang taglay, nagsimulang magduda ang tao. Noong ibinigay Ko sa tao ang pagdurusa ng impiyerno at binawi ang mga pagpapala ng langit, ang kahihiyan ng tao ay naging galit. Noong hilingin ng tao na pagalingin Ko siya, hindi Ko siya pinakinggan at namuhi Ako sa kanya; lumayo sa Akin ang tao upang hanapin ang paraan ng panggagaway at pangkukulam. Noong alisin Ko ang lahat ng hiningi ng tao sa Akin, naglaho ang lahat ng nasa tao nang walang bakas. Samakatuwid, sinasabi Ko na ang tao ay may pananampalataya sa Akin sapagkat Ako'y nagbibigay ng masyadong maraming biyaya, at masyadong maraming magiging pakinabang. Ang mga Hudyo ay naniwala sa Akin dahil sa Aking biyaya, at sinundan Ako saan man Ako magtungo. Ang mga ignoranteng taong ito na may limitadong kaalaman at karanasan ay naghahangad lamang na makita ang mga tanda at himala na ipinamalas Ko. Itinuring nila Ako bilang pinuno ng tahanan ng mga Hudyo na kayang gumawa ng mga pinakadakilang milagro. Kung kaya, noong nagpapalayas Ako ng mga demonyo mula sa mga tao, nag-uusap-usap sila: Sinasabi nilang Ako si Elias, na Ako si Moises, na Ako ang pinaka-sinauna sa

lahat ng propeta, na Ako ang pinakamagaling sa lahat ng manggagamot. Bukod sa Aking sariling pagsasabi na Ako ang buhay, ang daan, at ang katotohanan, walang sinuman ang makaaalam ng Aking persona o ng Aking pagkakakilanlan. Bukod sa Aking sariling pagsasabi na ang langit ang lugar kung saan naninirahan ang Aking Ama, walang nakaaalam na Ako ang Anak ng Diyos, at Diyos din Mismo. Bukod sa Aking sariling pagsasabi na dadalhin Ko ang kaligtasan sa buong sangkatauhan at tutubusin ang sangkatauhan, walang nakaaalam na Ako ang Manunubos ng sangkatauhan, at kilala lang Ako ng mga tao bilang isang mabait at maawaing tao. At bukod sa Aking sariling pagpapaliwanag ng lahat ng tungkol sa Akin, walang nakakikilala sa Akin, at walang naniniwala na Ako ang Anak ng buhay na Diyos. Gayon ang pananampalataya ng tao sa Akin, at sa gayong paraan Ako sinusubukang linlangin. Paano sila makapagpapatotoo sa Akin kung ganoon ang taglay nilang pananaw tungkol sa Akin?

Ang tao ay naniniwala sa Akin, ngunit hindi nila kayang magpatotoo sa Akin, ni magpatotoo para sa Akin bago Ko ipakilala ang Aking sarili. Nakikita lamang ng mga tao na nahihigitan Ko ang mga nilikha at lahat ng banal na tao, at nakikitang hindi kayang gawin ng mga tao ang gawaing ginagampanan Ko. Samakatuwid, mula sa mga Hudyo hanggang sa mga tao ng kasalukuyang panahon, lahat ng nakakikita sa Aking maluwalhating mga gawa ay napupuno ng walang iba kundi pagkamausisa tungo sa Akin, at wala ni isang bibig ng nilikha ang nagawang magpatotoo sa Akin. Tanging ang Aking Ama ang nagpatotoo sa Akin, at gumawa ng landas para sa Akin sa gitna ng lahat ng nilalang; kung hindi Niya ginawa iyon, kahit na papaano Ako gumawa, hindi kailanman malalaman ng tao na Ako ang Panginoon ng sangnilikha, dahil ang alam lamang ng tao ay kumuha sa Akin at wala siyang pananampalataya sa Akin dahil sa Aking gawain. Kilala lamang Ako ng tao dahil wala Akong kasalanan at hindi makasalanan sa anumang bahagi, dahil naipapaliwanag Ko ang maraming misteryo, dahil nakahihigit Ako sa karamihan, o dahil nakinabang nang malaki sa Akin ang tao, ngunit kaunti ang naniniwalang Ako ang Panginoon ng sangnilikha. Ito ang dahilan kung bakit sinasabi Ko na hindi alam ng tao kung bakit siya may pananampalataya sa Akin; hindi niya alam ang layunin o kahalagahan ng pagkakaroon ng pananampalataya sa Akin. Ang realidad ng tao ay kapos, kung saan siya ay halos hindi karapat-dapat magpatotoo sa Akin. Masyadong kaunti ang tunay ninyong pananampalataya at masyadong kaunti ang inyong natamo, kaya masyadong kaunti ang inyong patotoo. Bukod diyan, masyadong kaunti ang inyong nauunawaan at masyadong marami ang inyong kakulangan, kung saan halos hindi kayo karapat-dapat magpatotoo sa Aking mga gawa. Matindi nga ang inyong pagpapasya, ngunit nakatitiyak ba kayo na matagumpay kayong makapagpapatotoo sa diwa ng Diyos? Ang naranasan at nakita ninyo ay higit pa sa mga santo at propeta mula sa lahat ng kapanahunan, ngunit kaya ba ninyong magbigay ng patotoo na higit pa sa mga salita ng mga dating santo at propetang ito? Ang ipinagkaloob Ko sa inyo ngayon ay higit pa kay Moises at higit pa kay David, kung kaya't hinihiling Ko na ang inyong patotoo ay malampasan ang kay Moises at ang inyong mga salita ay maging higit pa kay David.

Sandaang beses ang Aking ibinibigay sa inyo—kaya't hinihiling Ko rin sa inyo na katumbas noon ang ibalik sa Akin. Dapat ninyong malaman na Ako ang nagkakaloob ng buhay sa sangkatauhan, at kayo ang tumatanggap ng buhay mula sa Akin at dapat magpatotoo sa Akin. Ito ang inyong tungkulin na Aking ipinapadala sa inyo at nararapat ninyong gawin para sa Akin. Ipinagkaloob Ko na sa inyo ang lahat ng Aking kaluwalhatian, ipinagkaloob Ko sa inyo ang buhay na hindi kailanman natanggap ng hinirang na bayan, ang mga Israelita. Kung tutuusin, dapat kayong magpatotoo sa Akin at italaga ang inyong kabataan at ialay ang inyong buhay sa Akin. Ang sinumang pagkalooban Ko ng Aking kaluwalhatian ay dapat na magpatotoo sa Akin at mag-alay ng kanilang buhay para sa Akin. Matagal Ko na itong naitadhana. Mapalad kayo na ipinagkakaloob Ko ang Aking kaluwalhatian sa inyo, at ang inyong tungkulin ay magpatotoo sa Aking kaluwalhatian. Kung maniniwala kayo sa Akin upang magtamo lamang ng mga pagpapala, walang gaanong magiging kabuluhan ang Aking gawain, at hindi ninyo maisasakatuparan ang inyong tungkulin. Ang nakita lamang ng mga Israelita ay ang Aking awa, pag-ibig, at kadakilaan, at ang nasaksihan lamang ng mga Hudyo ay ang Aking tiyaga at pagtubos. Kaunting-kaunti lamang ang nakita nila sa gawain ng Aking Espiritu; sa puntong ang naunawaan nila ay pawang katiting lang ng narinig at nakita ninyo. Nahigitan ng nakita ninyo maging ang mga pinunong saserdote sa gitna nila. Ang mga katotohanan na inyong naunawaan ngayon ay higit sa kanila; ang nakita ninyo ngayon ay higit pa sa nakita noong Kapanahunan ng Kautusan, pati na rin sa Kapanahunan ng Biyaya, at ang naranasan ninyo ay higit pa maging sa naranasan nina Moises at Elias. Sapagkat ang naunawaan lamang ng mga Israelita ay ang batas ni Jehova, at ang nakita nila ay ang likuran lamang ni Jehova; ang naunawaan lamang ng mga Hudyo ay ang pagtubos ni Jesus, ang natanggap nila ay ang biyaya lamang na ipinagkaloob ni Jesus, at ang nakita nila ay ang larawan lamang ni Jesus sa loob ng tahanan ng mga Hudyo. Ang nakikita ninyo ngayon ay ang kaluwalhatian ni Jehova, ang pagtubos ni Jesus, at ang lahat ng Aking mga gawa sa araw na ito. Gayundin, narinig na ninyo ang mga salita ng Aking Espiritu, pinahalagahan ang Aking karunungan, nasaksihan ang Aking kamanghaan, at natutunan ang Aking disposisyon. Nasabi Ko na rin sa inyo ang lahat ng Aking plano ng pamamahala. Ang nasaksihan ninyo ay hindi lamang isang mapagmahal at maawaing Diyos, kundi isang Diyos na puspos ng katuwiran. Nakita na ninyo ang Aking nakamamanghang gawain at nalaman ninyong puno Ako ng kamahalan at poot. Higit pa rito, batid ninyong minsan na Akong nagdala ng Aking nag-aalab na poot sa sambahayan ng Israel, at ngayon, nakarating na ito sa inyo. Higit pa ang nauunawaan ninyo sa Aking mga misteryo sa langit kaysa kina Isaias at Juan; higit pa ang nalalaman ninyo tungkol sa Aking pagiging kaibig-ibig at pagiging kagalang-galang kaysa sa lahat ng banal ng mga nakaraang kapanahunan. Ang natanggap ninyo ay hindi lamang ang Aking katotohanan, ang Aking daan, at ang Aking buhay, kundi isang pangitain at pahayag na higit pa kaysa kay Juan. Naunawaan ninyo ang higit na maraming misteryo, at nasaksihan na rin ang Aking tunay na mukha; higit pa ang natanggap ninyo sa Aking

paghatol at higit pa ang nalalaman ninyo tungkol sa Aking matuwid na disposisyon. Kung kaya, kahit na ipinanganak kayo sa mga huling araw, ang inyong pang-unawa ay sa nauna at nakalipas, at naranasan na rin ninyo ang mga bagay sa kasalukuyan, at ang lahat ng ito ay personal Kong ginawa. Hindi labis ang hinihingi Ko sa inyo, sapagkat napakarami Ko nang naibigay sa inyo, at marami na ang nakita ninyo sa Akin. Samakatuwid, hinihiling Ko sa inyong magpatotoo para sa Akin sa mga banal ng mga nagdaang kapanahunan, at ito lamang ang nais ng Aking puso.

Ang Aking Ama ang unang nagpatotoo para sa Akin, ngunit nais Kong makatanggap ng higit na kaluwalhatian, at manggaling ang mga salita ng patotoo sa bibig ng mga nilikha—kaya ibinibigay Ko ang lahat ng Akin para sa inyo, upang matupad ninyo ang inyong tungkulin, nang sa gayon ay magwakas na ang Aking gawain sa tao. Dapat ninyong maunawaan kung bakit kayo naniniwala sa Akin; kung gusto lang ninyong maging Aking aprentis o Aking pasyente, o maging isa sa Aking mga banal sa langit, kung gayon ang inyong pagsunod sa Akin ay magiging walang kabuluhan. Ang pagsunod sa Akin sa ganoong paraan ay pag-aaksaya lamang ng lakas; ang pagkakaroon ng gayong paraan ng pananampalataya sa Akin ay pag-aaksaya lamang ng inyong mga araw, pagsasayang ng inyong kabataan. At sa huli, wala kayong matatanggap. Hindi ba't pagtatrabaho iyon nang walang kabuluhan? Matagal Ko nang nilisan ang mga Hudyo at hindi na Ako isang manggagamot ng tao ni ang gamot para sa tao. Hindi na Ako isang hayop na pang-trabaho na maaaring ikutsero o katayin kung kailan naisin ng tao; sa halip, Ako ay dumating sa mga tao upang hatulan at kastiguhin ang tao, upang makilala Ako ng tao. Dapat mong malaman na minsan Ko nang ginampanan ang gawain ng pagtubos; minsan Akong naging si Jesus, ngunit hindi Ako maaaring manatiling si Jesus habang panahon, tulad nang minsan Akong naging si Jehova ngunit sa paglaon ay naging si Jesus. Ako ang Diyos ng sangkatauhan, ang Panginoon ng sangnilikha, nguni't hindi Ako maaaring manatiling si Jesus o Jehova magpakailanman. Ako ay naging iyong maituturing ng tao na manggagamot, ngunit hindi masasabi na ang Diyos ay isang manggagamot lang para sa sangkatauhan. Kaya kung taglay mo ang lumang pananaw sa iyong pananampalataya sa Akin, wala kang makakamit kung ganon. Gaano mo man Ako purihin ngayon: “Tunay na mapagmahal ang Diyos sa tao; pinagagaling Niya ako at binibigyan ako ng mga biyaya, kapayapaan, at kagalakan. Tunay na mabuti ang Diyos sa tao; kung may pananampalataya lang tayo sa Kanya, kung gayon ay hindi natin kailangang mag-alala sa pera at kayamanan...,” Hindi Ko pa rin magagambala ang Aking naunang gawain. Kung ikaw ay naniniwala sa Akin ngayon, tatanggapin mo lang ang Aking kaluwalhatian at magiging karapat-dapat na magpatotoo sa Akin, at magiging pangalawahin ang lahat ng iba pa. Dapat mo itong malinaw na maunawaan.

Batid mo na ba talaga ngayon kung bakit ka naniniwala sa Akin? Alam mo na ba talaga ang layunin at kabuluhan ng Aking gawain? Batid mo na ba talaga ang iyong tungkulin? Batid mo na ba talaga ang Aking patotoo? Kung naniniwala ka lamang sa Akin, ngunit walang bakas ng Aking kaluwalhatian o patotoo sa iyo, matagal na kitang

inalis kung gayon. Para sa mga nakakaalam ng lahat ng bagay, sila'y lalo pang mga tinik sa Aking mata, at sa Aking tahanan, mga hadlang lamang sila sa Aking daan, sila ay mga panirang damo na dapat ay ganap na matahip palayo sa Aking gawain, wala silang silbi, wala silang halaga, at matagal Ko na silang kinasusuklaman. Madalas bumabagsak ang Aking poot sa lahat ng walang patotoo, at hindi kailanman lumilihis sa kanila ang Aking pamalo. Matagal Ko na silang ibinigay sa mga kamay ng masama; at wala na sa kanila ang Aking mga pagpapala. Kapag dumating ang araw, ang kanilang pagkastigo ay magiging mas mabigat pa kaysa sa pagkastigo sa mga hangal na babae. Ngayon, ginagampanan Ko lang ang gawaing tungkulin Kong gampanan; pagbubungkus-bungkusin ko ang mga trigo, kasama ng mga panirang damo. Ito ang Aking gawain ngayon. Itatahip ang mga panirang damo sa panahon ng Aking pagtatahip, pagkatapos ang mga butil ng trigo ay iipunin sa kamalig, at ang mga panirang damo na natahip na ay itatapon sa apoy upang sunugin hanggang maging alabok. Ang Aking gawain ngayon ay igapos lang ang lahat ng tao sa mga bigkis, iyon ay, upang ganap na lupigin sila. Saka Ko sisimulan ang magtatahip upang ibunyag ang katapusan ng lahat ng tao. Kung kaya't dapat mo nang malaman kung paano mo Ako dapat bigyang-kaluguran ngayon, at kung paano mo dapat itakda sa tamang landas ang iyong pananampalataya sa Akin. Ang nais Ko ay ang iyong katapatan at pagkamasunurin ngayon, ang iyong pag-ibig at patotoo ngayon. Kahit na hindi mo pa alam sa sandaling ito kung ano ang patotoo o kung ano ang pag-ibig, dapat mong ibigay sa Akin ang iyong lahat-lahat, at ibigay sa Akin ang tanging kayamanan na mayroon ka: ang iyong katapatan at pagkamasunurin. Dapat mong malaman na ang patotoo ng Aking paggapi kay Satanas ay nasa katapatan at pagkamasunurin ng tao, gayundin ang patotoo sa Aking ganap na paglupig sa tao. Ang tungkulin ng iyong pananampalataya sa Akin ay ang magpatotoo sa Akin, maging tapat sa Akin lamang, at maging masunurin hanggang sa huli. Bago Ko simulan ang susunod na hakbang ng Aking gawain, paano ka magpapatotoo sa Akin? Papaano ka magiging tapat at masunurin sa Akin? Itinatalaga mo ba ang iyong buong katapatan sa iyong tungkulin o basta ka na lang susuko? Mas nanaisin mo bang magpasakop sa bawat pagsasaayos Ko (maging ito man ay kamatayan o pagkawasak), o tumakas sa kalagitnaan upang maiwasan ang Aking pagkastigo? Kinakastigo kita upang ikaw ay magpatotoo sa Akin, at maging tapat at masunurin sa Akin. Higit pa rito, ang pagkastigo sa kasalukuyan ay upang ilantad ang susunod na hakbang ng Aking gawain at upang pahintulutang sumulong nang walang hadlang ang gawain. Kaya itinatagubilin Ko sa iyo na maging matalino at huwag tratuhin ang iyong buhay o ang kahalagahan ng iyong pag-iral na parang walang kabuluhang buhangin. Malalaman mo bang tiyak kung ano ang darating na gawain Ko? Alam mo ba kung paano Ako gagawa sa mga darating na araw at kung paano malalantad ang Aking gawain? Dapat mong malaman ang kabuluhan ng iyong karanasan sa Aking gawain, at bukod pa rito, ang kabuluhan ng iyong pananampalataya sa Akin. Marami na Akong nagawa; paano Ako susuko sa kalagitnaan ayon sa iyong palagay? Malawak na ang gawaing nagampanan Ko; paano Ko iyon mawawasak? Sa

katunayan, naparito Ako upang wakasan ang kapanahunang ito. Ito ay totoo, ngunit higit pa rito, dapat mong malaman na magsisimula Ako ng isang bagong kapanahunan, upang magsimula ng bagong gawain, at, higit sa lahat, upang palaganapin ang ebanghelyo ng kaharian. Kaya dapat mong malaman na ang gawain ngayon ay para lamang simulan ang isang kapanahunan, at upang ilatag ang pundasyon para sa pagpapalaganap ng ebanghelyo sa panahong darating at sa pagwawakas sa kapanahunan sa hinaharap. Ang Aking gawain ay hindi kasing pangkaraniwan tulad ng iniisip mo, hindi rin ito kasing walang halaga o walang kahulugan gaya ng pinaniniwalaan mo. Samakatuwid, dapat Ko pa ring sabihin sa iyo: Dapat mong ibigay ang iyong buhay sa Aking gawain, at bukod dito, dapat mong italaga ang iyong sarili sa Aking kaluwalhatian. Matagal Ko nang hinahangad na magpatotoo ka sa Akin, at higit Kong hinahangad na palaganapin mo ang Aking ebanghelyo. Dapat mong maunawaan kung ano ang nasa Aking puso.

Kapag ang mga Dahong Nalalaglag ay Bumalik sa mga Ugat Nito, Pagsisisihan Mo ang Lahat ng Kasamaang Nagawa Mo

Nasaksihan ninyo mismo ang gawaing ginawa Ko sa inyo, nakinig kayo mismo sa mga salitang sinabi Ko, at nalaman ninyong lahat ang Aking saloobin sa inyo, kaya dapat ninyong malaman kung bakit Ko ginagawa ang gawaing ito sa inyo. Buong katapatan Kong sinasabi sa inyo, mga kasangkapan lamang kayo para sa Aking gawain ng paglupig sa mga huling araw, mga kagamitan sa pagpapalawak ng Aking gawain sa mga bansang Hentil. Tinatalakay Ko sa inyo ang inyong di-pagkamatuwid, karumihan, paglaban, at pagkasuwail upang mas mapalawak ang Aking gawain at maipalaganap ang Aking pangalan sa mga bansang Hentil, ibig sabihin, ipalaganap ito sa alinman sa mga bansa sa labas ng Israel. Ito ay upang ang Aking pangalan, Aking mga gawa, at Aking tinig ay maikalat sa lahat ng bansang Hentil, at sa gayon ay malupig Ko ang lahat ng bansang hindi sa Israel at sambahin nila Ako, upang maging Aking mga banal na lupain sa labas ng mga lupain ng Israel at Ehipto. Ang pagpapalawak ng Aking gawain sa katunayan ay pagpapalawak ng Aking gawain ng paglupig at pagpapalawak ng Aking banal na lupain; ito ang pagpapalawak ng Aking tuntungan sa lupa. Dapat ninyong malinawan na kayo ay mga nilalang lamang sa mga bansang Hentil na Aking nilulupig. Sa simula, wala kayong katayuan ni anumang halaga para magamit, at ni wala man lang silbi. Dahil lamang sa itinaas Ko ang mga uod na nasa bunton ng dumi ng hayop upang maging mga halimbawa ng Aking paglupig sa buong lupain, maging tanging “mga sangguniang materyal” ng Aking paglupig sa buong lupain, kaya kayo naging sapat na mapalad para makipag-ugnayan sa Akin, at makatipon Ako ngayon. Dahil sa inyong mababang katayuan kaya napili Ko kayong maging mga halimbawa at huwaran ng Aking

gawain ng paglupig. Dahil lamang dito kaya Ako gumagawa at nagsasalita sa inyo, at kaya Ako namumuhay at nananahan sa piling ninyo. Dapat ninyong malaman na dahil lamang sa Aking pamamahala at sa Aking sukdulang pagkamuhi sa mga uod na nasa buntong ng dumi ng hayop kaya Ako nagsasalita sa inyo—dumating na ito sa punto na galit na galit na Ako. Ang Aking paggawa sa inyo ay hindi kailanman katulad ng paggawa ni Jehova sa Israel, at, lalo na, hindi ito katulad ng gawaing ginawa ni Jesus sa Judea. Nagsasalita at gumagawa Ako nang may matinding pagpaparaya, at nilulupig Ko ang masasamang taong ito nang may galit at paghatol. Hindi ito kagaya ng pag-akay ni Jehova sa Kanyang mga tao sa Israel. Ang Kanyang gawain sa Israel ay upang magkaloob ng pagkain at tubig na buhay, at puno Siya ng habag at pagmamahal para sa Kanyang mga tao habang nagkaloob sa kanila. Ang gawain ngayon ay ginagawa sa isang isinumpang bansa ng mga taong hindi hinirang. Walang saganang pagkain, ni walang pamatid-uhaw na pangangalaga ng tubig na buhay, at lalo nang walang panustos ng sapat na mga materyal na bagay; mayroon lamang panustos ng sapat na paghatol, sumpa, at pagkastigo. Ang mga uod na ito na naninirahan sa buntong ng dumi ng hayop ay talagang hindi karapat-dapat na magtamo ng mga bundok na puno ng mga baka at tupa, malaking kayamanan, at pinakamagandang anak sa buong lupain, na tulad ng ipinagkaloob Ko sa Israel. Ang makabagong Israel ay nag-aalay ng baka at tupa at ginto at pilak sa altar na ginagamit Ko para pangalagaan ang mga taong ito, na hinihigitan pa ang ikapung hinihingi ni Jehova sa ilalim ng batas, at sa gayon ay nabigyan Ko sila ng higit pa—higit pa sa isang daang ulit ng makakamit noon ng Israel sa ilalim ng batas. Yaong ginagamit Ko para pangalagaan ang Israel ay hinihigitan pa ang lahat ng nakamit ni Abraham, at lahat ng nakamit ni Isaac. Gagawin Kong mabunga at pararamihin Ko ang pamilya ng Israel, at ikakalat Ko ang Aking mga tao ng Israel sa buong mundo. Yaong mga pinagpapala at kinakalinga Ko ay mga hinirang na tao pa rin ng Israel—ibig sabihin, ang mga taong inaalay ang lahat sa Akin at natamo na ang lahat mula sa Akin. Ito ay sa dahilang isinasaisip nila Ako kaya nila isinasakripisyo ang kanilang mga bagong-silang na mga guya at batang tupa sa Aking banal na altar at inaalay ang lahat ng mayroon sila sa Aking harapan, maging hanggang sa ialay nila ang kanilang bagong-silang na mga panganay na anak sa pag-asam sa Aking pagbabalik. At kayo naman? Ginagalit ninyo Ako, humihiling kayo sa Akin, at ninanakaw ninyo ang mga sakripisyo ng mga nag-aalay ng mga bagay-bagay sa Akin, at hindi ninyo alam na nagkakasala kayo sa Akin; sa gayon, ang tanging napapala ninyo ay pagtangis at parusa sa kadiliman. Napukaw ninyo ang Aking galit nang maraming beses, at nagpaulan na Ako ng Aking mga nagbabagang apoy hanggang sa marami-rami nang tao ang nakaranas ng malagim na wakas, at naging mapapanglaw na libingan ang masasayang tahanan. Ang mayroon lamang Ako para sa mga uod na ito ay walang-katapusang galit, at wala Akong layon na pagpalain sila. Gumawa Ako ng eksepsyon at itinaas Ko kayo para lamang sa kapakanan ng Aking gawain, at nagtiis Ako ng matinding kahihyan at gumawa sa inyo. Kung hindi para sa kalooban ng Aking Ama, paano Ako maninirahan sa iisang bahay na

kasama ang mga uod na pagapang-gapang sa paligid ng bunton ng dumi ng hayop? Muhing-muhi Ako sa lahat ng inyong kilos at salita, at kahit paano, dahil may bahagya Akong “interes” sa inyong karumihan at pagkasuwail, naging malaking koleksyon ito ng Aking mga salita. Kung hindi ay talagang hindi Ako mananatili sa inyong piling nang napakatagal. Samakatuwid, dapat ninyong malaman na ang Aking saloobin sa inyo ay pagdamay at awa lamang; wala Ako ni katiting na pagmamahal para sa inyo. Nagpaparaya lamang Ako sa inyo, dahil ginagawa Ko lamang ito alang-alang sa Aking gawain. At nakita na ninyo ang Aking mga gawa dahil lamang sa napili Ko ang karumihan at pagkasuwail bilang “mga kagamitang panangkap”; kung hindi, talagang hindi Ko ibubunyag ang Aking mga gawa sa mga uod na ito. Gumagawa lamang Ako sa inyo nang may pag-aatubili, ni hindi man lang katulad ng kahandaan at pagkukusang-loob Ko nang gawin Ko ang Aking gawain sa Israel. Taglay Ko ang Aking galit habang pinipilit Ko ang Aking sarili na magsalita sa inyo. Kung hindi lamang para sa Aking mas malaking gawain, paano Ko matitiis na patuloy na makita ang mga uod na iyon? Kung hindi para sa kapakanan ng Aking pangalan, matagal na sana Akong nakaakyat sa pinakamataas na kaitaasan at ganap na sinunog ang mga uod na ito kasama ang kanilang bunton ng dumi ng hayop! Kung hindi para sa kapakanan ng Aking kaluwalhatian, paano Ko mapapayagan ang masasamang demonyong ito na lantarang labanan Ako na umiiling-iling ang kanilang ulo sa Aking harapan? Kung hindi para isakatuparan nang maayos ang Aking gawain nang wala ni katiting na hadlang, paano Ko matutulutan ang parang-uod na mga taong ito na walang-pakundangan Akong abusuhin? Kung ang isang daang tao sa isang nayon sa Israel ay tumayo upang labanan Ako nang gaya nito, kahit gumawa sila ng mga sakripisyo sa Akin, buburahin Ko pa rin sila at isasadlak sa mga bitak sa lupa upang hadlangan ang mga tao sa ibang mga lungsod na muling maghimagsik kailanman. Ako ay isang apoy na tumutupok sa lahat at hindi Ko kinukunsinti ang pagkakasala. Dahil Ako ang lumikha sa lahat ng mga tao, anuman ang sabihin at gawin Ko, kailangan silang sumunod, at hindi sila maaaring maghimagsik. Walang karapatan ang mga tao na makialam sa Aking gawain, at lalong hindi sila karapat-dapat na suriin kung ano ang tama o mali sa Aking gawain at sa Aking mga salita. Ako ang Panginoon ng paglikha, at dapat makamit ng mga nilalang ang lahat ng hinihingi Ko nang may pusong may paggalang sa Akin; hindi nila dapat subukang mangatwiran sa Akin, at lalo nang hindi sila dapat lumaban. Pinamamahalaan Ko ang Aking mga tao gamit ang Aking awtoridad, at lahat niyaong bahagi ng Aking paglikha ay dapat magpasakop sa Aking awtoridad. Bagama’t ngayon ay matapang at mapangahas kayo sa Aking harapan, bagama’t sinusuway ninyo ang mga salitang itinuturo Ko sa inyo at wala kayong kinatatakutan, tinutugunan Ko lamang ng pagpaparaya ang inyong pagkasuwail; hindi Ako mawawalan ng pagtitimpi at hindi Ko aapektuhan ang Aking gawain nang dahil sa ikinalat ng maliliit, walang-halagang mga uod ang dumi sa bunton ng dumi ng hayop. Tinitiis Ko ang patuloy na pag-iral ng lahat ng Aking kinamumuhian at lahat ng bagay na Aking kinasusuklanan alang-alang sa kalooban ng Aking Ama, at gagawin Ko iyon hanggang sa matapos ang

Aking mga pahayag, hanggang sa kahuli-hulihan Kong sandali. Huwag kang mag-alala! Hindi Ako maaaring masadlak sa antas ng isang di-kilalang uod, at hindi Ko ikukumpara ang antas ng Aking kakayahan sa iyo. Kinamumuhian kita, nguni't nagagawa Kong magtiis. Sinusuway mo Ako, nguni't hindi ka makakatakas sa araw na kakastiguhin kita, na ipinangako sa Akin ng Aking Ama. Maikukumpara ba ang isang nilikhang uod sa Panginoon ng paglikha? Sa taglagas, nagbabalik ang nalalaglag na mga dahon sa mga ugat nito; babalik ka sa tahanan ng iyong “ama,” at babalik Ako sa tabi ng Aking Ama. Sasamahan Ako ng Kanyang magiliw na pagmamahal, at susundan ka ng pagtapak ng iyong ama. Mapapasaakin ang kaluwalhatian ng Aking Ama, at mapapasaiyo ang kahihyan ng iyong ama. Gagamitin Ko ang pagkastigong matagal Ko nang pinipigilang ipataw sa iyo, at sasalubungin mo ang Aking pagkastigo ng iyong maantang laman na sampu-sampung libong taon nang naging tiwali. Matatapos Ko ang Aking gawain ng mga salita sa iyo, kasama ang pagpaparaya, at magsisimula kang tuparin ang papel ng pagdurusa ng kapahamakan mula sa Aking mga salita. Lubos Akong magagalak at gagawa sa Israel; tatangis ka at magngangalit ang iyong mga ngipin, na umiiral at namamatay sa putikan. Babawiin Ko ang Aking orihinal na anyo at hindi na Ako mananatili sa dumi na kasama mo, samantalang babawiin mo ang iyong orihinal na kapangitan at patuloy kang maglulungga sa bunton ng dumi ng hayop. Kapag natapos na ang Aking gawain at mga salita, iyon ay magiging isang araw ng kagalakan para sa Akin. Kapag natapos na ang iyong paglaban at pagkasuwail, iyon ay magiging isang araw ng pagtangis para sa iyo. Hindi Ako mahahabag sa iyo, at hindi mo na Ako muling makikita kailanman. Hindi na Ako makikipag-usap sa iyo, at hindi mo na Ako muling makakatagpo kailanman. Kamumuhian Ko ang iyong pagkasuwail, at mangungulila ka sa Aking pagiging kaibig-ibig. Hahampasin kita, at mananabik ka sa Akin. Masaya kitang lilisanin, at malalaman mo ang iyong pagkakautang sa Akin. Hindi na kita muling makikita kailanman, ngunit lagi kang aasa sa Akin. Kamumuhian kita dahil kasalukuyan Mo Akong nilalabanan, at mangungulila ka sa Akin dahil kasalukuyan kitang kinakastigo. Hindi Ko nanaising mabuhay sa tabi mo, nguni't mapait mo itong hahangarin at mananangis ka hanggang sa walang-hanggan, sapagka't pagsisisihan mo ang lahat ng nagawa mo sa Akin. Makakaramdam ka ng pagsisisi sa iyong pagkasuwail at paglaban, isusubsob mo pa ang iyong mukha sa lupa sa pagsisisi at magpapatirapa ka sa Aking harapan at susumpa na hindi mo na Ako muling susuwayin. Gayunman, sa puso mo ay Ako lamang ang iyong mamahalin, subalit hindi mo na maririnig ang Aking tinig kailanman. Gagawin kitang nahihya sa iyong sarili.

Tinitingnan Ko ngayon ang iyong mapagpalayaw na laman na manloloko sa Akin, at may maliit lamang Akong babala para sa iyo, bagama't hindi kita “papatawan” ng pagkastigo. Dapat mong malaman kung anong papel ang ginagampanan mo sa Aking gawain, at pagkatapos ay masisiyahan na Ako. Bukod pa sa mga bagay na ito, kung lalabanan mo Ako o gagastusin mo ang Aking pera, o kakainin mo ang mga sakripisyo para sa Akin, si Jehova, o magkakagatan kayong mga uod, o kung kayo na parang mga

aso ay may mga alitan o nilalapastangan ninyo ang isa't isa—wala Akong pakialam sa anuman diyan. Kailangan lamang ninyong malaman kung ano kayong uri ng mga bagay, at masisiyahan na Ako. Maliban sa lahat ng ito, kung gusto ninyong magsaksakan o labanan ang isa't isa sa mga salita, ayos lang; wala Akong hangaring makialam sa gayong mga bagay, at hindi Ako sangkot sa mga usapin ng tao. Hindi sa wala Akong pakialam tungkol sa mga alitan sa pagitan ninyo; kaya lang hindi Ako isa sa inyo, at sa gayon ay hindi Ako nakikibahagi sa mga usapin sa pagitan ninyo. Ako Mismo ay hindi isang nilalang at hindi Ako sa mundo, kaya kinamumuhian Ko ang magulong buhay ng mga tao at ang magulo at di-wastong mga ugnayan sa pagitan nila. Kinamumuhian Ko lalo na ang maiingay na umpukan ng mga tao. Gayunman, malalim ang kaalaman Ko tungkol sa mga karumihan sa puso ng bawat nilalang, at bago Ko kayo nilikha, alam Ko na ang di-pagkamatuwid na umiral sa kaibuturan ng puso ng mga tao, at alam Ko ang lahat ng panlilinlang at kabuktutan sa puso ng tao. Samakatuwid, kahit ni wala man lang anumang mga bakas kapag gumagawa ng masasamang bagay ang mga tao, alam Ko pa rin na ang kasamaang kimkim ninyo sa inyong puso ay higit pa sa kayamanan ng lahat ng bagay na Aking nilikha. Bawat isa sa inyo ay nakaakyat na sa tugatog ng maraming tao; nakaakyat na kayo upang maging mga ninuno ng masa. Masyado kayong padalus-dalos, at naghuhuramentado kayo sa gitna ng lahat ng uod, na naghahanap ng isang maginhawang lugar at nagtatangkang lamunin ang mga uod na mas maliliit kaysa sa inyo. Malisyoso kayo at masama sa inyong puso, na higit pa maging sa mga multo na lumubog na sa pusod ng dagat. Naninirahan kayo sa ilalim ng dumi, ginagambala ang mga uod mula ibabaw hanggang ilalim hanggang sa mawalan na ng kapayapaan ang mga ito, nag-aaway sandali at pagkatapos ay kumakalma. Hindi ninyo alam ang inyong lugar, subalit nilalabanan pa rin ninyo ang isa't isa sa dumi. Ano ang mapapala ninyo sa ganyang sagupaan? Kung totoo mayroon kayong pagpipitagan para sa Akin sa inyong puso, paano ninyo naaatim na mag-away-away sa Aking likuran? Gaano man kataas ang iyong katungkulan, hindi ba mabaho ka pa ring maliit na uod sa dumi? Magagawa mo bang magpatubo ng mga pakpak at maging isang kalapati sa himpapawid? Ninanakaw ninyong mababahong maliliit na uod ang mga alay mula sa altar Ko, si Jehova; sa paggawa noon, kaya ba ninyong sagipin ang inyong nasira at bumagsak na reputasyon at maging hinirang na mga tao ng Israel? Kayong mga walanghiya! Ang mga sakripisyong iyon sa altar ay inialay sa Akin ng Aking mga tao, bilang pagpapahayag ng mabubuting damdamin mula sa mga nagpipitagan sa Akin. Ang mga iyon ay para Aking kontrolin at Aking gamitin, kaya paano mo Ako posibleng nakawan ng maliliit na kalapating ipinagkaloob sa Akin ng mga tao? Hindi ka ba natatakot na maging isang Judas? Hindi ka ba natatakot na baka mapuno ng dugo ang iyong lupain? Ikaw na walanghiya! Palagay mo ba, ang mga kalapating inialay ng mga tao ay para busugin ang tiyan mo na isang uod? Ang naibigay Ko sa iyo ay ang nasisiyahan at handa Akong ibigay sa iyo; ang hindi Ko naibigay sa iyo ay gagamitin Ko kung paano Ko gusto. Hindi mo maaaring basta na lang nakawin ang mga alay sa Akin. Ang Siyang gumagawa ay Ako, si Jehova—ang

Panginoon ng paglikha—at nag-aalay ng mga sakripisyo ang mga tao dahil sa Akin. Palagay mo ba, kabayaran ito para sa lahat ng pag-aabalang ginagawa mo? Wala ka talagang kahihyan! Para kanino ka ba nag-aabala? Hindi ba para sa sarili mo? Bakit mo ninanakaw ang mga sakripisyo sa Akin? Bakit ka nagnanakaw ng pera mula sa Aking supot ng salapi? Hindi ba ikaw ang anak ni Judas Iscariote? Ang mga sakripisyo sa Akin, si Jehova, ay para tamasahin ng mga saserdote. Saserdote ka ba? Nangangahas kang kainin nang may kayabangan ang mga sakripisyo sa Akin, at inihahain mo pa ang mga iyon sa mesa; wala kang kuwenta! Ikaw ay walang kuwentang walanghiya! Susunugin ka ng Aking apoy, ang apoy ni Jehova!

Walang Sinumang May Katawan ang Makakatakas sa Araw ng Poot

Ngayon, pinagsasabihan Ko kayo para sa kapakanan ng inyong sariling kaligtasan, upang ang Aking gawain ay sumulong nang maayos, at upang ang Aking kauna-unahang gawain sa buong sansinukob ay maaaring maisakatuparan nang higit na angkop at ganap, ibinubunyag ang Aking mga salita, awtoridad, kamahalan, at paghatol sa mga tao ng lahat ng bayan at bansa. Ang Aking gawain na ginagawa kasama ninyo ay ang umpisa ng Aking gawain sa buong sansinukob. Bagama't ngayon na ang panahon ng mga huling araw, alamin ninyo na ang “mga huling araw” ay isa lamang pangalan ng isang kapanahunan; gaya lamang ng Kapanahunan ng Kautusan at ng Kapanahunan ng Biyaya, ito ay tumutukoy sa isang kapanahunan, at nangangahulugan ng kabuuan ng isang kapanahunan, sa halip na sa huling ilang taon o buwan. Nguni't ang mga huling araw ay hindi gaya ng Kapanahunan ng Biyaya at ng Kapanahunan ng Kautusan. Ang gawain ng mga huling araw ay hindi isinasakatuparan sa Israel, kundi sa gitna ng mga Hentil; ito ay ang paglupig ng mga tao mula sa lahat ng bansa at tribo sa labas ng Israel sa harap ng Aking trono, upang ang Aking kaluwalhatian sa buong sansinukob ay makapupuno sa kosmos at sa papawirin. Ito ay upang maaaring makamtan Ko ang mas dakilang kaluwalhatian, upang ang lahat ng nilikha sa lupa ay maaaring maipasa ang Aking kaluwalhatian sa bawat bansa, pababa sa lahat ng salinlahi magpakailanman, at nang ang lahat ng nilikha sa langit at lupa ay makakakita sa lahat ng kaluwalhatian na Aking natatamo sa lupa. Ang gawaing isinasakatuparan sa panahon ng mga huling araw ay ang gawain ng panlulupig. Hindi ito ang paggabay sa mga buhay ng lahat ng tao sa lupa, kundi ang konklusyon ng hindi-nasisira at libong-taong buhay ng pagdurusa ng sangkatauhan sa lupa. Dahil dito, ang gawain ng mga huling araw ay hindi makakatulad sa ilang libong taon ng gawain sa Israel, ni hindi rin ito magiging katulad lamang sa ilang taon ng gawain sa Judea na nagpatuloy ng dalawang libong taon hanggang sa pangalawang pagkakatawang-tao ng Diyos. Dinaranas lamang ng mga tao sa mga huling araw ang muling pagpapakita ng Manunubos sa katawang-tao, at tinatanggap

nila ang personal na gawain at mga salita ng Diyos. Hindi ito aabot ng dalawang libong taon bago dumating ang katapusan ng mga huling araw; ang mga iyon ay maikli, kagaya noong isinakatuparan ni Jesus ang gawain ng Kapanahunan ng Biyaya sa Judea. Ito ay dahil sa ang mga huling araw ay ang konklusyon ng buong kapanahunan. Ang mga iyon ay ang kaganapan at ang katapusan ng anim-na-libong-taong plano ng pamamahala ng Diyos, at tinatapos ng mga iyon ang paglalakbay ng sangkatauhan sa buhay ng pagdurusa. Hindi dinadala ng mga iyon ang buong sangkatauhan tungo sa isang bagong kapanahunan o pinahihintulutan ang buhay ng sangkatauhan na magpatuloy; wala iyang kabuluhan para sa Aking plano ng pamamahala o para sa pag-iral ng tao. Kung ang sangkatauhan ay magpatuloy nang ganito, kung gayon sa malao't madali sila ay lalamunin nang buo ng diyablo, at yaong mga kaluluwa na nabibilang sa Akin sa kahulihulihan ay mawawasak sa mga kamay nito. Ang Aking gawain ay tatagal lamang ng anim-na-libong taon, at Ako ay nangako na ang pagkontrol ng masama sa buong sangkatauhan ay hindi rin tatagal nang higit sa anim-na-libong taon. At ngayon, tapos na ang oras. Hindi Ko na ipagpapatuloy o ipagpapaliban pa: Sa panahon ng mga huling araw Aking lulupigin si Satanas, babawiin Ko ang lahat ng Aking kaluwalhatian, at babawiin Ko ang lahat ng kaluluwa sa lupa na kabilang sa Akin upang itong mga kaluluwang naghihinagpis ay maaaring makawala sa dagat ng pagdurusa, at sa gayon matatapos na ang Aking buong gawain sa lupa. Simula sa araw na ito, hindi na Ako kailanman magkakatawang-tao sa lupa, at hindi na muling gagawa pa sa lupa ang Aking Espiritu na nagkokontrol-ng-lahat. Ako ay gagawa lamang ng isang bagay sa lupa: Huhubugin Kong muli ang sangkatauhan, isang sangkatauhan na banal at siyang Aking tapat na lungsod sa lupa. Nguni't alamin ninyo na hindi Ko lilipulin ang buong mundo, hindi Ko rin lilipulin ang buong sangkatauhan. Iingatan Ko yaong natitirang ikatlong bahagi—ang ikatlong bahaging nagmamahal sa Akin at lubusan Kong nalulupig, at sila ay Aking gagawing mabunga at mapagparami sa lupa kagaya ng ginawa ng mga Israelita sa ilalim ng kautusan, binubusog sila ng masaganang mga tupa at baka at lahat ng kasaganaan ng lupa. Ang sangkatauhang ito ay mananatili sa Akin magpakailanman, nguni't hindi ito ang magiging karumal-dumal na maruming sangkatauhan sa ngayon, kundi isang sangkatauhan na natipon mula sa lahat niyaong Aking mga natamo. Ang sangkatauhang iyon ay hindi mapipinsala, magagambala, o makukubkob ni Satanas, at magiging ang tanging sangkatauhan na mananatili sa mundo pagkatapos Kong nagtagumpay laban kay Satanas. Ito ang sangkatauhan na nalulupig Ko na ngayon at nagtatamo ng Aking pangako. At sa gayon, ang sangkatauhan na nalulupig sa panahon ng mga huling araw ay siya ring sangkatauhan na maliligtas at magtatamo ng Aking walang-hanggang mga pagpapala. Ito ang tanging magiging patunay ng Aking tagumpay laban kay Satanas, at ang tanging mga nasamsam sa Aking pakikipaglaban kay Satanas. Itong mga nasamsam sa digmaan ay Aking naililigtas mula sa sakop ni Satanas, at ang tanging pagkakabuu-buo at bunga ng Aking anim-na-libong-taong plano ng pamamahala. Sila ay nagmula sa bawat bansa at denominasyon, mula sa bawat lugar at bayan, sa buong sansinukob.

Sila ay galing sa iba't ibang lahi, may iba't ibang wika, kaugalian at mga kulay ng balat, at sila ay nakakalat sa lahat ng bansa at denominasyon sa buong mundo, at maging sa bawat sulok ng mundo. Hindi magtatagal, sila ay magsasama-sama upang buuin ang isang ganap na sangkatauhan, isang pagtitipon ng tao na hindi kayang abutin ng mga puwersa ni Satan. Yaong mga nasa gitna ng sangkatauhan na hindi Ko nailigtas at nalupig ay tahimik na lulubog sa kailaliman ng dagat, at masusunog ng Aking tumutupok na apoy nang walang-hanggan. Lilipulin Ko itong luma at sukduhan ang karumihang sangkatauhan, kagaya ng paglipol Ko sa mga panganay na anak at mga baka sa Ehipto, itinira lamang ang mga Israelita, na kumain ng karne ng tupa, uminom ng dugo ng tupa, at nagtatak ng dugo ng tupa sa hamba ng kanilang mga pinto. Hindi ba't ang mga taong Aking nalulupig at mula sa Aking pamilya ay siya ring mga taong kumakain ng laman ng Cordero na Ako at umiinom ng dugo ng Cordero na Ako, at Aking natubos at sumasamba sa Akin? Hindi ba sila ang mga uri ng tao na laging sinasamahan ng Aking kaluwhatian? Hindi ba yaong mga wala ng laman ng Cordero na Ako, ay tahimik nang nakalubog sa kailaliman ng dagat? Ngayon sumasalungat kayo sa Akin, at ngayon ang Aking mga salita ay tulad lamang niyaong mga sinabi ni Jehova sa mga lalaking-anak at mga lalaking-apo ng Israel. Nguni't ang katigasan sa kaibuturan ng inyong mga puso ay nagsasanhi ng Aking poot para maipon, nagdudulot ng higit pang pagdurusa sa inyong mga laman, higit pang paghatol sa inyong mga kasalanan, at higit pang poot sa inyong di-pagkamakatuwiran. Sino ang maliligtas sa Aking araw ng poot, kung ganito ang turing ninyo sa Akin sa ngayon? Kaninong di-pagkamakatuwiran ang kayang makatakas sa Aking mga mata ng pagkastigo? Kaninong mga kasalanan ang makakaiwas sa mga kamay Ko, ang Makapangyarihan sa lahat? Kaninong paglaban ang makakatakas ng Aking paghatol, ang Makapangyarihan sa lahat? Ako, si Jehova, ay nagsasalita sa inyo, mga inapo ng pamilyang Hentil, at ang mga salitang binibigkas Ko sa inyo ay higit sa lahat ng pagbigkas sa Kapanahunan ng Kautusan at sa Kapanahunan ng Biyaya, nguni't kayo ay mas matigas pa sa lahat ng tao sa Ehipto. Hindi ba ninyo iniipon ang Aking poot habang Ako ay mapayapang gumagawa ng Aking gawain? Paano kayo makakatakas nang walang-pinsala mula sa araw Ko, ang Makapangyarihan sa lahat?

Ako ay nakagawa at nakapagsalita sa ganitong paraan kasama ninyo, Ako ay gumugol ng napakaraming lakas at pagsisikap, nguni't kailan ba kayo nakinig sa malinaw na sinasabi Ko sa inyo? Saan kayo yumukod sa Akin, ang Makapangyarihan sa lahat? Bakit ninyo Ako tinatrato nang ganito? Bakit lahat ng inyong sinasabi at ginagawa ay pumupukaw ng Aking galit? Bakit napakatigas ng inyong mga puso? Pinabagsak Ko ba kayo kahit minsan? Bakit wala kayong ginagawa kundi gawin Akong nalulungkot at nababalisa? Hinihintay ba ninyo ang araw ng poot Ko, si Jehova, na dumating sa inyo? Hinihintay ba ninyo na ipadala Ko ang galit na pinukaw ng inyong pagsuway? Hindi ba ang lahat ng Aking ginagawa ay para sa inyo? Nguni't laging ang turing ninyo sa Akin, si Jehova, ay ganito: ninanakaw ang Aking mga alay, inuuwi ang

mga handog sa Aking altar papunta sa tirahan ng lobo upang pakainin ang mga batang lobo at ang mga anak ng mga batang lobo; lumalaban sa isa't isa ang mga tao, humaharap sa isa't isa na may galit sa mga mata at mga tabak at sibat, itinatapon ang mga salita Ko, ang Makapangyarihan sa lahat, sa palikuran upang maging kasingdungis ng dumi. Nasaan ang inyong integridad? Ang inyong pagkatao ay naging kahayupan! Ang inyong mga puso ay malaon nang mula't sapul na naging bato. Hindi ba ninyo alam na ang panahon kung kailan dumarating ang araw ng Aking poot ay ang panahon kung kailan Ko hinahatulan ang masasamang ginawa ninyo sa Akin, ang Makapangyarihan sa lahat, ngayon? Akala ba ninyo na sa pamamagitan ng panlilinlang ninyo sa Akin sa ganitong paraan, sa pagtatapon ng Aking mga salita sa putikan at hindi pagdinig sa mga iyon—iniisip ba ninyo na sa pamamagitan ng pagkilos nang ganito sa Aking likuran kayo ay makatatakas sa Aking napopoot na titig? Hindi ba ninyo alam na kayo ay nakita na ng mga mata Ko, si Jehova, nang ninakaw ninyo ang Aking mga alay at pinagnasaan ang kung anong mayroon Ako? Hindi ba ninyo alam na noong ninakaw ninyo ang Aking mga alay, ginawa ninyo ito sa harapan ng altar kung saan ang mga alay ay inihahandog? Paano ninyo napapaniwalaang sapat ang inyong katusuhan para linlangin Ako sa ganitong paraan? Paano ba maaalis ang Aking nagngangalit na poot sa inyong mga karumal-dumal na kasalanan? Paano ba palalampasin ng Aking ngitngit ang inyong masasamang gawain? Ang kasamaan na inyong ginagawa ngayon ay hindi nagbibigay ng daang palabas para sa inyo, bagkus ito ay nag-iipon ng pagkastigo para sa inyong kinabukasan; pinupukaw nito ang Aking pagkastigo, ang Makapangyarihan sa lahat, patungo sa inyo. Paano makatatakas ang inyong masasamang gawain at masasamang salita mula sa Aking pagkastigo? Paano makararating ang inyong mga panalangin sa Aking mga tainga? Paano Ako magbubukas ng labasan para sa inyong di-pagkamakatuwiran? Paano Ko pababayaang ang inyong masasamang gawain sa paglaban sa Akin? Paano Ko hindi puputulin ang inyong mga dilang makamandag kagaya ng sa ahas? Hindi kayo tumatawag sa Akin para sa kapakanan ng inyong pagkamakatuwiran, bagkus iniipon ang Aking poot dahil sa inyong di-pagkamakatuwiran. Paano Ko kayo mapapatawad? Sa mga mata Ko, ang Makapangyarihan sa lahat, ang inyong mga salita at kilos ay marungis. Ang mga mata Ko, ang Makapangyarihan sa lahat, ay nakakakita sa inyong di-pagkamakatuwiran bilang walang-tigil na pagkastigo. Paano maaalis ang Aking matuwid na pagkastigo at paghatol sa inyo? Dahil ginagawa ninyo ito sa Akin, ginagawa Akong malungkot at napopoot, paano Ko mahahayaang makawala kayo sa Aking mga kamay at mahiwalay sa araw na Ako, si Jehova, ay kakastigo at magsusumpa sa inyo? Hindi ba ninyo alam na ang lahat ng masasama ninyong salita at mga binibigkas ay nakarating na sa Aking mga tainga? Hindi ba ninyo alam na ang inyong di-pagkamakatuwiran ay nakadungis na sa Aking banal na balabal ng pagkamakatuwiran? Hindi ba ninyo alam na ang inyong pagsuway ay nakapukaw na sa Aking matinding galit? Hindi ba ninyo alam na noon pa ninyo Ako iniiwang nagngingitngit, at noon pa ninyo sinusubukan ang Aking pasensiya? Hindi ba ninyo

alam na nasira na ninyo ang Aking katawang-tao, naging basahan na ito? Nakapagtiis Ako hanggang ngayon, anupa't pinakakawalan Ko ang Aking galit, hindi na mapagparaya tungo sa inyo. Hindi ba ninyo alam na ang inyong masasamang gawain ay nakarating na sa Aking mga mata, at ang Aking mga hinagpis ay narinig na ng Aking Ama? Paano Niya mapapayagang ituring ninyo Ako nang ganito? Hindi ba ang alinman sa Aking mga ginagawa sa inyo ay para sa inyong kapakanan? Subalit sino sa inyo ang naging mas mapagmahal sa gawain Ko, si Jehova? Ako ba ay magiging di-tapat sa kalooban ng Aking Ama dahil marupok Ako, at dahil sa pighating napagdusahan Ko? Hindi ba ninyo nauunawaan ang Aking puso? Kinakausap Ko kayo gaya ng ginawa ni Jehova; hindi ba napakarami Ko nang inilaan para sa inyo? Kahit na Ako ay nakahanda na pasanin ang lahat ng pagdurusang ito para sa kapakanan ng gawain ng Aking Ama, paano kayo makalalaya mula sa pagkastigo na Aking ipinapataw sa inyo dahil sa Aking pagdurusang? Hindi ba ninyo Ako natatamasa nang sobra-sobra? Ngayon, Ako ay ipinagkaloob sa inyo ng Aking Ama; hindi ba ninyo alam na mas marami kayong natatamasa kaysa sa Aking mapagbiyayang mga salita? Hindi ba ninyo alam na ang Aking buhay ay ipinagpalit sa inyong buhay at sa mga bagay na inyong kinalulugdan? Hindi ba ninyo alam na ginamit ang buhay Ko ng Aking Ama upang labanan si Satanas, at ipinagkaloob din Niya ang Aking buhay sa inyo, nagsasanhi sa inyo na tumanggap nang makasandaang beses, at tinutulutang makaiwas kayo sa napakaraming tukso? Hindi ba ninyo alam na sa pamamagitan lamang ng Aking gawain kayo ay nakaiwas sa maraming tukso, at sa maraming naglilibab na pagkastigo? Hindi ba ninyo alam na dahil lamang sa Akin kaya pinapayagan kayo ng Aking Ama na magsaya hanggang sa ngayon? Paano ninyo naaatim na manatiling napakatigas ng ulo ninyo ngayon, na para bang naging manhid na ang inyong puso? Paanong ang kasamaan na inyong ginagawa ngayon ay makatatakas sa araw ng poot na susunod sa Aking pag-alis mula sa lupa? Paano Ko matutulutan yaong mga napakatigas ng ulo na matakasan ang galit ni Jehova?

Gunitain ninyo ang nakaraan: Kailan naging galit ang Aking titig, at ang tinig Ko'y malupit, sa inyo? Kailan Ako nakipagtalo sa inyo? Kailan Ko ba kayo pinagsabihan nang wala sa katuwiran? Kailan Ko ba kayo pinagsabihan nang harap-harapan? Hindi ba ito para sa kapakanan ng Aking gawain kaya Ako ay nananawagan sa Aking Ama upang ingatan kayo mula sa tukso? Bakit ninyo Ako tinatrato nang ganito? Kahit kailan ba'y nagamit Ko ang Aking awtoridad upang pabagsakin ang inyong mga laman? Bakit ninyo Ako sinusuklian nang ganito? Matapos kayong mag-urong-sulong tungo sa Akin, hindi kayo mainit ni malamig, at pagkatapos ay tinatangka ninyong utuin Ako at pagtaguan Ako ng mga bagay-bagay, at ang inyong mga bibig ay puno ng dura ng mga di-matuwid. Sa tingin ba ninyo ay madadaya ng inyong mga dila ang Aking Espiritu? Sa tingin ba ninyo ay matatakas ng inyong mga dila ang Aking poot? Sa tingin ba ninyo ay makakapagbigay ng paghatol ang inyong mga dila sa mga gawa Ko, si Jehova, paano man ng mga ito naisin? Ako ba ang Diyos na binibigyang-hatol ng tao? Mapapayagan

Ko ba na ang isang maliit na uod ay lumapastangan sa Akin? Paano Ko mailalagay ang ganoong mga anak ng pagsuway sa gitna ng Aking mga walang-hanggang pagpapala? Ang inyong mga salita at gawa ay matagal nang naglantad at humatol sa inyo. Nang Aking iniunat ang mga kalangitan at nilikha ang lahat ng bagay, hindi Ko tinulutan ang kahit anong nilalang na lumahok ayon sa kanilang kagustuhan, lalong hindi Ko tinulutan ang kahit na anong bagay na gambalain ang Aking gawain at Aking pamamahala ayon sa kagustuhan nito. Wala Akong hinayaang tao o bagay; paano Ko kahahabagan yaong mga malupit at hindi-makatao tungo sa Akin? Paano Ko mapapatawad yaong mga nag-aalsa laban sa Aking mga salita? Paano Ko kahahabagan yaong mga sumusuway sa Akin? Ang kapalaran ba ng tao ay wala sa mga kamay Ko, ang Makapangyarihan sa lahat? Paano Ko maituturing ang iyong di-pagkamakatuwiran at pagkamasuwayin bilang banal? Paano madudungisan ng iyong mga kasalanan ang Aking kabanalan? Ako ay hindi nadudungisan ng karumihan ng di-matuwid, ni kinatutuwaan Ko ang mga alay ng mga di-matuwid. Kung ikaw ay tapat sa Akin, si Jehova, makukuha mo ba para sa sarili mo ang mga alay sa Aking altar? Magagamit mo ba ang iyong makamandag na dila upang lapastanganin ang Aking banal na pangalan? Makakapag-alsa ka ba laban sa Aking mga salita sa ganitong paraan? Maituturing mo ba ang Aking kaluwalhatian at banal na pangalan bilang isang kasangkapan upang maglingkod kay Satanas, ang masama? Ang Aking buhay ay inilalaan para sa kasiyahan ng mga banal. Paano kita mahahayaang paglaruan ang Aking buhay ayon sa iyong kagustuhan, at gamitin ito bilang isang kasangkapan sa alitan ninyo? Paano kayo nagiging napaka-walang-puso, at kulang na kulang sa daan ng kabutihan, sa kung paano kayo nakikitungo sa Akin? Hindi ba ninyo alam na naitala Ko na ang inyong masasamang gawain sa mga salitang ito ng buhay? Paano ninyo matatakasan ang araw ng poot kapag kinastigo Ko ang Ehipto? Paano Ko kayo mahahayaang labanan at sumuway sa ganitong paraan, nang paulit ulit? Sinasabi Ko sa inyo nang malinaw, pagdating ng araw, ang inyong pagkastigo ay magiging higit na di-matitiis kaysa roon sa Ehipto! Paano ninyo matatakasan ang Aking araw ng poot? Sinasabi Ko sa inyo nang buong katotohanan: Ang Aking pagtitiis ay inihanda para sa inyong masasamang gawain, at umiiral para sa inyong pagkastigo sa araw na iyon. Hindi ba kayo ang siyang magdurusa ng matinding-poot na paghatol kapag napuno na Ako sa Aking pagtitiis? Hindi ba ang lahat ng bagay ay nasa mga kamay Ko, ang Makapangyarihan sa lahat? Paano Ko mapapayagang suwayin ninyo Ako nang ganito, sa ilalim ng kalangitan? Ang inyong mga buhay ay magiging napakahirap dahil nakatagpo ninyo ang Mesiyas, na nasabing Siyang darating, nguni't hindi dumating kailanman. Hindi ba kayo ang Kanyang mga kaaway? Si Jesus ay nakipagkaibigan sa inyo, nguni't kayo ang mga kaaway ng Mesiyas. Hindi ba ninyo alam na bagama't kayo ay mga kaibigan ni Jesus, ang inyong masasamang gawain ay pumuno ng mga sisidlan niyaong mga karumal-dumal? Kahit na kayo ay napakamalapit kay Jehova, hindi ba ninyo alam na ang inyong masasamang salita ay nakarating na sa mga tainga ni Jehova at pumukaw ng Kanyang poot? Paano Siya magiging malapit sa iyo, at paano Niya hindi

susunugin ang iyong mga sisidlan, na puno ng masasamang gawain? Paanong hindi Siya naging iyong kaaway?

Nakabalik Na ang Tagapagligtas Sakay ng Isang “Puting Ulap”

Sa loob ng ilang libong taon, pinanabikan na ng tao na masaksihan ang pagdating ng Tagapagligtas. Pinanabikan na ng tao na mamasdan si Jesus na Tagapagligtas sakay ng isang puting ulap habang Siya ay bumababa, nang personal, sa gitna ng mga nanabik at naghanged sa Kanya sa loob ng libu-libong taon. Hinanged na rin ng tao na bumalik ang Tagapagligtas at muli nilang makasama; ibig sabihin, inasam nilang bumalik si Jesus na Tagapagligtas, na nahiwalay sa mga tao sa loob ng libu-libong taon, at muling isakatuparan ang gawain ng pagtubos na Kanyang ginawa sa mga Hudyo, maging mahabagin at mapagmahal sa tao, patawarin ang mga kasalanan ng tao at pasanin ang mga kasalanan ng tao, at pasanin maging ang lahat ng paglabag ng tao at palayain ang tao mula sa kasalanan. Ang pinananabikan ng tao ay ang maging katulad ng dati si Jesus—isang Tagapagligtas na kaibig-ibig, mabait, at kapita-pitagan, na hindi kailanman napopoot sa tao, at hindi kailanman sinasaway ang tao, kundi pinatatawad at pinapasan ang lahat ng kasalanan ng tao, at mamamatay pa sa krus, tulad ng dati, para sa tao. Mula nang lumisan si Jesus, ang mga disipulong sumunod sa Kanya, gayundin ang lahat ng banal na naligtas salamat sa Kanyang pangalan, ay desperadong nananabik sa Kanya at naghihintay sa Kanya. Lahat ng naligtas sa pamamagitan ng biyaya ni Jesucristo sa Kapanahunan ng Biyaya ay matagal nang nananabik sa masayang araw na yaon sa mga huling araw kung kailan si Jesus na Tagapagligtas ay bababa sakay ng isang puting ulap upang humarap sa lahat ng tao. Mangyari pa, ito rin ang sama-samang inaasam ng lahat ng tumatanggap sa pangalan ni Jesus na Tagapagligtas ngayon. Lahat sa buong sansinukob na nakakaalam sa pagliligtas ni Jesus na Tagapagligtas ay matagal nang desperadong nananabik na biglang dumating si Jesucristo upang tuparin ang sinabi ni Jesus habang nasa lupa: “Babalik Ako tulad ng Aking paglisan.” Naniniwala ang tao na, kasunod ng pagkapako sa krus at pagkabuhay na mag-uli, bumalik si Jesus sa langit sakay ng isang puting ulap upang umupo sa Kanyang lugar sa kanang kamay ng Kataas-taasan. Sa gayon ding paraan, bababang muli si Jesus sakay ng isang puting ulap (ang ulap na ito ay tumutukoy sa ulap na sinakyan ni Jesus nang bumalik Siya sa langit), sa mga taong matagal nang desperadong nananabik sa Kanya sa loob ng libu-libong taon, at na tataglayin Niya ang imahe at pananamit ng mga Hudyo. Matapos magpakita sa tao, pagkakalooban Niya sila ng pagkain, at pabubukalin ang tubig na buhay para sa kanila, at mamumuhay Siya sa piling ng tao, puspos ng biyaya at puspos ng pagmamahal, buhay at tunay. Ang lahat ng gayong kuru-kuro ang pinaniniwalaan ng mga tao. Subalit hindi ito ginawa ni Jesus na Tagapagligtas; ginawa Niya ang kabaligtaran ng inakala

ng tao. Hindi Siya dumating sa mga naghangad sa Kanyang pagbalik, at hindi Siya nagpakita sa lahat ng tao habang nakasakay sa puting ulap. Dumating na Siya, ngunit hindi alam ng tao, at nananatili silang walang alam. Naghihintay lamang ang tao sa Kanya nang walang layon, nang hindi namamalayan na bumaba na Siya sakay ng isang “puting ulap” (ang ulap na Kanyang Espiritu, Kanyang mga salita, Kanyang buong disposisyon at lahat ng kung ano Siya), at ngayon ay kasama ng isang grupo ng mga mananagumpay na Kanyang gagawin sa mga huling araw. Hindi ito alam ng tao: Sa kabila ng lahat ng pagsuyo at pagmamahal ng banal na Tagapagligtas na si Jesus sa tao, paano Siya makagagawa roon sa mga “templo” na pinamamahayan ng karumihan at maruruming espiritu? Bagama’t matagal nang hinihintay ng tao ang Kanyang pagdating, paano Siya maaaring magpakita sa mga kumakain ng laman ng masasama, umiinom ng dugo ng masasama, at nagsusuot ng mga damit ng masasama, na naniniwala sa Kanya ngunit hindi Siya kilala, at patuloy na nanghuhuthot sa Kanya? Alam lamang ng tao na si Jesus na Tagapagligtas ay puspos ng pagmamahal at umaapaw ang habag, at na Siya ang handog dahil sa kasalanan, na puspos ng pagtubos. Gayunman, walang ideya ang tao na Siya ang Diyos Mismo, na nag-uumapaw sa pagkamakatuwiran, kamahalan, galit, at paghatol, na nagtataglay ng awtoridad, at puno ng dignidad. Samakatuwid, bagama’t sabik na sabik ang tao at nagmimithi sa pagbalik ng Manunubos, at maging ang kanilang mga dalangin ay umaantig sa “Langit,” hindi nagpapakita si Jesus na Tagapagligtas sa mga naniniwala sa Kanya ngunit hindi Siya kilala.

“Jehova” ang pangalang ginamit Ko noong panahon ng Aking gawain sa Israel, at ang ibig sabihin nito ay ang Diyos ng mga Israelita (mga taong hinirang ng Diyos) na maaaring maawa sa tao, sumpain ang tao, at gabayan ang buhay ng tao; ang Diyos na nagtataglay ng dakilang kapangyarihan at puspos ng karunungan. Si “Jesus” ay si Emmanuel, na ang ibig sabihin ay ang handog dahil sa kasalanan na puspos ng pagmamahal, puspos ng habag, at tumutubos sa tao. Ginawa Niya ang gawain ng Kapanahunan ng Biyaya, at kumakatawan Siya sa Kapanahunan ng Biyaya, at maaari lamang Niyang katawanin ang isang bahagi ng gawain ng plano ng pamamahala. Ibig sabihin, si Jehova lamang ang Diyos ng mga taong hinirang sa Israel, ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac, ang Diyos ni Jacob, ang Diyos ni Moises, at ang Diyos ng lahat ng tao sa Israel. Kaya nga, sa kasalukuyang kapanahunan, lahat ng Israelita, maliban sa mga Hudyo, ay sumasamba kay Jehova. Nag-aalay sila sa Kanya ng mga hain sa altar at naglilingkod sa Kanya sa templo na suot ang balabal ng mga saserdote. Ang inaasahan nila ay ang pagpapakitang muli ni Jehova. Si Jesus lamang ang Manunubos ng sangkatauhan, at Siya ang handog dahil sa kasalanan na tumubos sa sangkatauhan mula sa kasalanan. Ibig sabihin, ang pangalan ni Jesus ay nanggaling sa Kapanahunan ng Biyaya at umiral dahil sa gawain ng pagtubos sa Kapanahunan ng Biyaya. Ang pangalan ni Jesus ay umiral upang tulutan ang mga tao sa Kapanahunan ng Biyaya na muling maisilang at maligtas, at isang partikular na pangalan para sa pagtubos sa buong sangkatauhan. Sa gayon, ang pangalang Jesus ay kumakatawan sa

gawain ng pagtubos, at ipinahihwatig ang Kapanahunan ng Biyaya. Ang pangalang Jehova ay isang partikular na pangalan para sa mga tao ng Israel na namuhay sa ilalim ng kautusan. Sa bawat kapanahunan at bawat yugto ng gawain, ang Aking pangalan ay hindi walang batayan, kundi may kinakatawang kabuluhan: Bawat pangalan ay kumakatawan sa isang kapanahunan. Ang “Jehova” ay kumakatawan sa Kapanahunan ng Kautusan at ito ang pamimitagan na ipinantawag ng mga tao ng Israel sa Diyos na kanilang sinamba. Ang “Jesus” ay kumakatawan sa Kapanahunan ng Biyaya, at ito ang pangalan ng Diyos ng lahat ng tinubos noong Kapanahunan ng Biyaya. Kung nananabik pa rin ang tao sa pagdating ni Jesus na Tagapagligtas sa mga huling araw, at inaasahan pa rin na darating Siya sa imaheng Kanyang tinaglay sa Judea, tumigil na sana ang buong anim-na-libong-taong plano ng pamamahala sa Kapanahunan ng Pagtubos, at hindi na susulong pa. Ang mga huling araw, bukod diyan, ay hindi sana darating, at hindi sana nawakasan ang kapanahunan kailanman. Iyon ay dahil si Jesus na Tagapagligtas ay para lamang sa pagtubos at pagliligtas sa sangkatauhan. Ginamit Ko ang pangalang Jesus para lamang sa kapakanan ng lahat ng makasalanan sa Kapanahunan ng Biyaya, at hindi ito ang pangalang gagamitin Ko upang wakasan ang buong sangkatauhan. Bagama’t ang Jehova, Jesus, at Mesiyas ay kumakatawang lahat sa Aking Espiritu, ang mga pangalang ito ay nagpapahiwatig lamang ng iba’t ibang kapanahunan ng Aking plano ng pamamahala, at hindi Ako kinakatawan sa Aking kabuuan. Ang mga pangalang itinatawag sa Akin ng mga tao sa lupa ay hindi maipaliwanag nang malinaw ang Aking buong disposisyon at ang Aking kabuuan. Iba’t ibang pangalan lamang ang mga iyon na itinatawag sa Akin sa iba’t ibang kapanahunan. Kaya nga, kapag ang huling kapanahunan—ang kapanahunan ng mga huling araw—ay sumapit, magbabagong muli ang Aking pangalan. Hindi Ako tatawaging Jehova, o Jesus, lalo nang hindi Mesiyas—tatawagin Akong ang Makapangyarihang Diyos Mismo, at sa ilalim ng pangalang ito ay wawakasan Ko ang buong kapanahunan. Minsan na Akong nakilala bilang Jehova. Tinawag din Akong ang Mesiyas, at tinawag Akong minsan ng mga tao na Jesus na Tagapagligtas nang may pagmamahal at paggalang. Gayunman, ngayon ay hindi na Ako ang Jehova o Jesus na nakilala ng mga tao noong araw; Ako ang Diyos na bumalik na sa mga huling araw, ang Diyos na magbibigay-wakas sa kapanahunan. Ako ang Diyos Mismo na nagbabangon mula sa dulo ng daigdig, puno ng Aking buong disposisyon, at puspos ng awtoridad, karangalan, at kaluwalhatian. Hindi nakipag-ugnayan sa Akin ang mga tao kailanman, hindi Ako nakilala kailanman, at palagi nang walang-alam tungkol sa Aking disposisyon. Mula sa paglikha ng mundo hanggang ngayon, wala ni isa mang tao na nakakita sa Akin. Ito ang Diyos na nagpapakita sa tao sa mga huling araw ngunit nakatago sa tao. Nananahan Siya sa piling ng tao, tunay at totoo, tulad ng nagniningas na araw at naglalagablab na apoy, puspos ng kapangyarihan at nag-uumapaw sa awtoridad. Wala ni isa mang tao o bagay na hindi hahatulan ng Aking mga salita, at wala ni isa mang tao o bagay na hindi padadalisayin sa pamamagitan ng pagliliyab ng apoy. Sa huli, lahat ng bansa ay pagpapalain dahil sa Aking mga salita, at

dudurugin din nang pira-piraso dahil sa Aking mga salita. Sa ganitong paraan, makikita ng lahat ng tao sa mga huling araw na Ako ang Tagapagligtas na nagbalik, at na Ako ang Makapangyarihang Diyos na lumulupig sa buong sangkatauhan. At makikita ng lahat na minsan na Akong naging handog dahil sa kasalanan para sa tao, ngunit na sa mga huling araw ay nagiging mga ningas din Ako ng araw na tumutupok sa lahat ng bagay, gayundin ang Araw ng katuwiran na nagbubunyag sa lahat ng bagay. Ito ang Aking gawain sa mga huling araw. Ginamit Ko ang pangalang ito at taglay Ko ang disposisyong ito upang makita ng lahat ng tao na Ako ay isang matuwid na Diyos, ang nagliliyab na araw, ang nagniningas na apoy, at upang lahat ay sambahin Ako, ang iisang tunay na Diyos, at upang makita nila ang Aking tunay na mukha: Hindi lamang Ako ang Diyos ng mga Israelita, at hindi lamang Ako ang Manunubos; Ako ang Diyos ng lahat ng nilalang sa buong kalangitan at sa lupa at sa karagatan.

Kung dumating ang Tagapagligtas sa mga huling araw at Jesus pa rin ang tawag sa Kanya, at muli Siyang isinilang sa Judea at ginawa Niya ang Kanyang gawain doon, magpapatunay ito na nilikha Ko lamang ang mga tao ng Israel at tinubos lamang ang mga tao ng Israel, at na wala Akong kinalaman sa mga Hentil. Hindi kaya ito salungat sa Aking mga salita na “Ako ang Panginoon na lumikha ng mga kalangitan at ng lupa at ng lahat ng bagay”? Nilisan Ko ang Judea at ginagawa Ko ang Aking gawain sa mga Hentil dahil hindi lamang Ako Diyos ng mga tao ng Israel, kundi Diyos ng lahat ng nilalang. Nagpapakita Ako sa mga Hentil sa mga huling araw dahil hindi lamang Ako si Jehova, ang Diyos ng mga tao ng Israel, kundi, bukod diyan, dahil Ako ang Lumikha ng lahat ng hinirang Ko sa mga Hentil. Hindi Ko lamang nilikha ang Israel, Ehipto, at Lebanon, kundi lahat ng bansang Hentil na lagpas pa ng Israel. Dahil dito, Ako ang Panginoon ng lahat ng nilalang. Ginamit Ko lamang ang Israel bilang panimulang punto para sa Aking gawain, kinasangkapan ang Judea at Galilea bilang matitibay na tanggulan ng Aking gawain ng pagtubos, at gayon ay ginagamit Ko ang mga bansang Hentil bilang himpilan na kung saan mula roon ay wawakasan Ko ang buong kapanahunan. Ginawa Ko ang dalawang yugto ng gawain sa Israel (ang dalawang yugtong ito ng gawain ay ang Kapanahunan ng Kautusan at ang Kapanahunan ng Biyaya), at isinasakatuparan Ko na ang dalawa pang yugto ng gawain (ang Kapanahunan ng Biyaya at ang Kapanahunan ng Kaharian) sa buong lupain na lagpas pa ng Israel. Sa mga bansang Hentil, gagawin Ko ang gawain ng panlulupig, at sa gayo’y matatapos ang kapanahunan. Kung palagi Akong tinatawag ng tao na Jesucristo, ngunit hindi alam na nasimulan Ko na ang isang bagong kapanahunan sa mga huling araw at nagsimula na Ako sa bagong gawain, at kung patuloy na lagi nang maghihintay ang tao sa pagdating ni Jesus na Tagapagligtas, tatawagin Ko ang mga tao tulad nito na mga taong hindi naniniwala sa Akin; sila ay mga taong hindi Ako kilala, at hindi totoong naniniwala sa Akin. Masasaksihan kaya ng gayong mga tao ang pagdating ni Jesus na Tagapagligtas mula sa langit? Ang kanilang hinihintay ay hindi ang Aking pagdating, kundi ang pagdating ng Hari ng mga Hudyo. Hindi nila pinananabikan ang Aking paglipol sa maruming lumang mundong ito,

kundi sa halip ay nananabik sila sa ikalawang pagparito ni Jesus, kung kailan sila ay matutubos. Inaasam nila na minsan pang tutubusin ni Jesus ang buong sangkatauhan mula sa marungis at masamang lupaing ito. Paano maaaring maging mga taong kumukumpleto ng Aking gawain sa mga huling araw ang gayong mga tao? Ang mga hangarin ng tao ay walang kakayahang tuparin ang Aking mga naisin o isakatuparan ang Aking gawain, sapagkat hinahangaan o pinahahalagahan lamang ng tao ang gawaing nagawa Ko dati, at wala silang ideya na Ako ang Diyos Mismo na palaging bago at hindi naging luma kailanman. Alam lamang ng tao na Ako si Jehova, at Jesus, at wala silang ideya na Ako Siya ng mga huling araw na magdadala sa sangkatauhan sa kanilang wakas. Ang pinananabikan at alam lamang ng tao ay nagmumula sa kanilang sariling mga kuru-kuro, at yaon lamang nakikita ng kanilang sariling mga mata. Hindi iyon naaayon sa gawaing ginagawa Ko, kundi taliwas iyon dito. Kung ang Aking gawain ay idinaos ayon sa mga ideya ng tao, kailan kaya ito magwawakas? Kailan kaya makakapasok ang sangkatauhan sa kapahingahan? At paano kaya Ako makakapasok sa ikapitong araw, ang Araw ng Pahinga? Gumagawa Ako ayon sa Aking plano at ayon sa Aking layunin—hindi ayon sa mga layon ng tao.

Ang Gawain ng Pagpapalaganap ng Ebanghelyo ay ang Gawain Din ng Pagliligtas sa Tao

Ang lahat ng tao ay kailangang maunawaan ang mga layunin ng Aking gawain sa daigdig, iyon ay, ang nais Kong makamit sa huli at kung anong antas ang dapat Kong makamit sa gawaing ito bago ito magiging ganap. Kung, pagkaraang maglakad na kasama Ko hanggang sa araw na ito, ang mga tao ay hindi pa nakakaunawa kung tungkol saan ang Aking gawain, hindi ba walang kabuluhan ang paglalakad nilang kasama Ko? Kung sumusunod ang mga tao sa Akin, dapat alam nila ang Aking kalooban. Gumagawa na Ako sa lupa sa loob ng libu-libong taon, at hanggang sa araw na ito, ay ginagawa Ko pa rin ang Aking gawain sa paraang ito. Bagaman maraming proyekto ang nilalaman ng Aking gawain, ang layunin ng gawaing ito ay nananatiling hindi nagbabago; halimbawa, kahit na Ako ay puno ng paghatol at pagkastigo sa tao, ang Aking ginagawa ay alang-alang pa rin sa pagliligtas sa kanya, at alang-alang sa mas mainam na pagpapalaganap ng Aking ebanghelyo at pagpapalawak pa ng Aking gawain sa lahat ng bansang Hentil sa sandaling ang tao ay nagawa nang ganap. Kaya ngayon, sa panahon kung kailan maraming tao ang matagal nang lubhang lugmok sa pagkabigo, patuloy pa rin Ako sa Aking gawain, ipinagpapatuloy ang gawain na dapat Kong gawin upang hatulan at kastiguhin ang tao. Sa kabila ng katotohanang ang tao ay puno na sa Aking sinasabi, at wala siyang pagnanasang makialam sa Aking gawain, isinasakatuparan Ko pa rin ang Aking tungkulin, sapagkat ang layunin ng Aking gawain ay nananatiling hindi nagbabago,

at ang Aking orihinal na plano ay hindi masisira. Ang silbi ng Aking paghatol ay ang bigyang-kakayahan ang tao na maging mas mahusay sa pagsunod sa Akin, at ang silbi ng Aking pagkastigo ay ang tulutan ang tao na mas mabisang mabago. Bagaman ang Aking ginagawa ay alang-alang sa Aking pamamahala, hindi Ako kailanman nakagawa ng anumang bagay na walang pakinabang sa tao, dahil nais Kong gawin ang lahat ng bansa sa labas ng Israel na kasing masunurin ng mga Israelita, at gawin silang tunay na mga tao, nang sa gayon ay may panghahawakan Ako sa mga lupain sa labas ng Israel. Ito ang Aking pamamahala; ito ang gawain na Aking tinutupad sa mga bansang Hentil. Kahit ngayon, maraming tao ang hindi pa rin nakakaunawa sa Aking pamamahala, sapagkat wala silang interes sa mga bagay na ito, kundi may pakialam lamang sa kanilang mga sariling kinabukasan at hantungan. Kahit ano ang Aking sabihin, ang mga tao ay wala pa ring malasakit sa gawaing Aking ginagawa, sa halip ay nakatuon lamang sa kanilang mga hantungan sa hinaharap. Kung ang mga bagay-bagay ay magpapatuloy sa ganitong paraan, paano mapapalawak ang Aking gawain? Paano mapalaganap ang Aking ebanghelyo sa buong mundo? Dapat ninyong malaman na kapag ang Aking gawain ay lumawak, ikakalat Ko kayo, at hahampasin Ko kayo, gaya ng paghampas ni Jehova sa bawat tribo ng Israel. Ang lahat ng ito ay gagawin upang maipalaganap ang Aking ebanghelyo sa buong daigdig, para ang Aking gawain ay lumawak sa mga bansang Hentil, nang sa gayon ang Aking pangalan ay dadakilain ng kapwa matatanda at mga bata, at ang Aking banal na pangalan ay dadakilain ng bibig ng mga tao mula sa lahat ng tribo at bansa. Ito ay upang sa huling kapanahunang ito, dadakilain ang Aking pangalan sa mga bansang Hentil, upang makita ng mga Hentil ang Aking mga gawa at tatawagin nila Akong ang Makapangyarihan sa lahat dahil sa Aking mga gawa, at upang ang Aking mga salita ay maaaring matupad sa lalong madaling panahon. Ipaaalam Ko sa lahat ng tao na hindi lamang Ako Diyos ng mga Israelita, kundi ang Diyos din ng lahat ng bansa ng mga Hentil, kahit na yaong Aking isinumpa. Hahayaan Kong makita ng lahat ng tao na Ako ang Diyos ng buong sangnilikha. Ito ang Aking pinakadakilang gawain, ang layunin ng Aking plano sa paggawa para sa mga huling araw, at ang tanging gawain na tutuparin sa mga huling araw.

Ang gawain na Akin nang pinamamahalaan nang libu-libong taon ay ganap na nabubunyang sa tao sa mga huling araw lamang. Ngayon Ko lamang nailantad sa tao ang buong misteryo ng Aking pamamahala, at batid na ng tao ang layunin ng Aking gawain at, bukod dito, ay nakaunawa na sa lahat ng Aking mga misteryo. Nasabi Ko na sa tao ang lahat ng tungkol sa hantungan na kanyang inaalala. Nabuksan Ko na para sa tao ang lahat ng Aking mga misteryo, mga misteryo na nakatago nang mahigit 5,900 taon. Sino si Jehova? Sino ang Mesiyas? Sino si Jesus? Dapat ninyong malaman ang lahat ng ito. Ang Aking gawain ay umiikot sa mga pangalang ito. Naunawaan na ba ninyo iyan? Paano dapat iproklama ang Aking banal na pangalan? Paano dapat mapalaganap ang Aking pangalan sa alinman sa mga bansa na tumawag sa Akin sa alinman sa Aking mga pangalan? Ang Aking gawain ay lumalawak, at Aking palalaganapin ang kapunuan nito

sa lahat ng bansa. Dahil ang Aking gawain ay naisakatuparan na sa inyo, hahampasin Ko kayo gaya ng paghampas ni Jehova sa mga pastol sa sambahayan ni David sa Israel, na magsasanhi sa inyong kumalat sa bawat bansa. Dahil sa mga huling araw, dudurugin Ko ang lahat ng bansa sa maliliit na piraso at sasanhiin na muling maipamahagi ang kanilang mga tao. Sa muli Kong pagbabalik, ang mga bansa ay nahati na sa mga hangganang itinakda ng Aking nagliliyab na apoy. Sa panahong iyon, ipamamalas Kong muli ang Aking Sarili sa sangkatauhan bilang ang nakakapasong araw, ipinapakita ang Aking Sarili nang lantaran sa kanila sa larawan ng Banal na hindi pa nila nakita kailanman, na naglalakad sa gitna ng napakaraming bansa, gaya ng Ako, si Jehova, ay minsang naglakad kasama ng mga tribong Hudyo. Simula roon, pangungunahan Ko ang sangkatauhan sa kanilang mga buhay sa daigdig. Doon tiyak na makikita nila ang Aking kaluwalhatian, at tiyak na makikita rin nila ang isang haliging ulap sa himpapawid upang pangunahan sila sa kanilang mga buhay, dahil magpapakita Ako sa mga banal na lugar. Makikita ng tao ang Aking araw ng pagkamakatuwiran, at gayon din ang Aking maluwalhating pagpapamalas. Magaganap iyan kapag naghari Ako sa buong daigdig at dinala ang marami Kong mga anak sa kaluwalhatian. Sa lahat ng dako sa daigdig, yuyuko ang mga tao, at ang Aking tabernakulo ay matatag na itatayo sa gitna ng sangkatauhan, sa ibabaw ng pundasyon ng gawain na Aking isinasakatuparan ngayon. Ang mga tao ay maglilingkod din sa Akin sa templo. Ang altar, na balot ng marurumi at nakasusuklam na mga bagay, ay Aking dudurugin at itatayong muli. Ang mga bagong silang na tupa at guya ay isasalansan sa ibabaw ng banal na altar. Gigibain Ko ang templo ng kasalukuyan at magtatayo ng bago. Ang templo na nakatayo ngayon, na puno ng kasuklam-suklam na mga tao, ay guguhon, at ang Aking itatayo ay mapupuno ng mga lingkod na tapat sa Akin. Muli silang tatayo at maglilingkod sa Akin alang-alang sa kaluwalhatian ng Aking templo. Tiyak na makikita ninyo ang araw kung kailan tatanggap Ako ng dakilang kaluwalhatian, at tiyak na makikita rin ninyo ang araw kung kailan Aking gigibain ang templo at magtatayo ng bago. Gayon din, tiyak na makikita ninyo ang araw ng pagdating ng Aking tabernakulo sa mundo ng mga tao. Habang winawasak Ko ang templo ay dadalhin Ko rin ang Aking tabernakulo sa mundo ng mga tao, habang minamasdan nila ang Aking pagbaba. Pagkatapos Kong durugin ang lahat ng bansa, titipunin Ko silang muli, at mula roon ay itatayo ang Aking templo at itatatag ang Aking altar, upang ang lahat ay maaaring maghandog sa Akin ng mga alay, maglilingkod sa Akin sa Aking templo, at matapat na ilaan ang kanilang mga sarili sa Aking gawain sa mga bansang Hentil. Sila ay magiging katulad ng mga Israelita sa kasalukuyan, nakasuot ng damit at korona ng saserdote, nang may kaluwalhatian Ko, si Jehova, sa kalagitnaan nila, at Aking pagiging maharlika na umaali-aligid sa kanila at nananatili sa kanila. Ang Aking gawain sa mga bansang Hentil ay ipapatupad din sa parehong paraan. Tulad ng Aking gawain sa Israel, gayon din ang magiging gawain Ko sa mga bansang Hentil, sapagkat palalawakin Ko ang Aking gawain sa Israel at palalaganapin ito sa mga bansa ng mga Hentil.

Ngayon ang panahon kung kailan ang Aking Espiritu ay gumagawa ng dakilang

gawain, at ang panahon na sinisimulan Ko ang Aking gawain sa mga bansang Hentil. Higit pa ryan, ito ang panahon na pinagbubukud-bukod Ko ang lahat ng nilalang, inilalagay ang bawat isa sa kanya-kanyang kaukulang uri, upang ang Aking gawain ay maaaring magpatuloy nang mas mabilis at mas mabisa. At kaya nga, ang Aking hinihingi pa rin sa inyo ay ang ialay mo ang iyong buong pagkatao para sa lahat ng Aking gawain, at, higit pa, na malinaw mong mabatid at tiyakin ang lahat ng gawaing Aking nagawa na sa iyo, at ibuhos ang lahat ng iyong lakas tungo sa Aking gawain nang ito ay maging mas mabisa. Ito ang dapat mong maunawaan. Tigilan ang pakikipaglaban sa isa't isa, ang paghahanap ng daang pabalik, o paghahabol sa mga kaaliwan ng laman, na makakaantala sa Aking gawain at sa iyong magandang kinabukasan. Ang paggawa ng gayon, sa halip na pangalagaan ka, ay magdudulot sa iyo ng kapahamakan. Hindi ba kahangalan ito para sa iyo? Iyang buong pag-iimbot mong kinahuhumalingan ngayon ay ang mismong bagay na sumisira sa iyong kinabukasan, samantalang ang sakit na iyong pinagdurusahan ngayon ay ang mismong bagay na nangangalaga sa iyo. Dapat mong malinaw na malaman ang mga bagay na ito, upang maiwasang mabiktima ng mga tukso kung saan mahihirapan kang makawala, at iwasang mangapa sa makapal na hamog at hindi makita ang araw. Kapag nahawi ang makapal na hamog, masusumpungan mo ang iyong sarili na nasa paghatol ng dakilang araw. Sa panahong iyon, ang Aking araw ay papalapit na sa sangkatauhan. Paano mo tatakasan ang Aking paghatol? Paano mo matitiis ang nakakapasong init ng araw? Kapag ipinagkakaloob Ko ang Aking kasaganaan sa tao, hindi niya ito pinahahalagahan sa kanyang dibdib, bagkus ay isinasantabi ito sa isang lugar kung saan walang makapapansin dito. Kapag bumaba na ang Aking araw sa tao, hindi na niya matutuklasan ang Aking kasaganaan, o masusumpungan ang mapapait na salita ng katotohanang Aking sinabi sa kanya matagal na panahon na ang nakalilipas. Siya ay tatangis at iiyak, sapagkat nawala na sa kanya ang ningning ng liwanag at nahulog na siya sa kadiliman. Ang inyong nakikita ngayon ay ang matalim na espada lamang ng Aking bibig. Hindi pa ninyo nakikita ang tungkod sa Aking kamay o ang ningas na ipinansusunog Ko sa tao, at kaya kayo ay mapagmalaki at mapagmalabis pa rin sa Aking presensya. Kaya nga nakikipaglaban pa rin kayo sa Akin sa Aking tahanan, pinasusubalian ng dila ng tao yaong sinabi ng Aking bibig. Ang tao ay hindi natatakot sa Akin, at bagaman patuloy siyang nakikipag-away sa Akin hanggang ngayon, wala pa rin siyang takot man lamang. Mayroon kayong dila at mga ngipin ng mga taong di-matuwid sa inyong mga bibig. Ang inyong mga salita at gawa ay katulad niyaong sa ahas na tumukso kay Eba na magkasala. Hinihingi ninyo sa isa't isa ang mata para sa mata at ngipin para sa ngipin, at nagtutunggali kayo sa Aking presensya para mag-agawan ng puwesto, katanyagan, at pakinabang para sa inyong mga sarili, ngunit hindi ninyo nalalaman na palihim Kong pinagmamasdan ang inyong mga salita at gawa. Bago pa man kayo makarating sa Aking presensya, natunugan Ko na ang kaibuturan ng inyong mga puso. Ang tao ay palaging nag-aasam na tumakas sa pagkakahawak ng Aking kamay at iwasan ang pagmamasid ng Aking mga mata, ngunit

hindi Ako kailanman umilag sa kanyang mga salita o gawa. Sa halip, sadya Kong hinahayaan ang mga salita at gawang yaon na makita ng Aking mga mata, upang maaari Kong kastiguhin ang kasamaan ng tao at ipatupad ang paghatol sa kanyang paghihimagsik. Kaya nga, ang lihim na mga salita at gawa ng tao ay laging nananatili sa harapan ng Aking luklukan ng paghatol, at ang Aking paghatol ay hindi kailanman naalis sa tao, sapagkat labis ang kanyang paghihimagsik. Ang Aking gawain ay ang sunugin at dalisayin ang lahat ng salita at gawa ng tao na binigkas at ginawa sa presensya ng Aking Espiritu. Sa ganitong paraan,^a kapag nilisan Ko na ang daigdig, mapapanatili pa rin ng mga tao ang kanilang katapatan sa Akin, at maglilingkod pa rin sa Akin gaya ng ginagawa ng Aking mga banal na lingkod sa Aking gawain, na nagtutulot sa Aking gawain sa daigdig na magpatuloy hanggang sa araw na maging ganap ito.

Masyadong Hamak ang Pagkatao Ninyong Lahat!

Nakaupo kayong lahat sa mga luklukan ng kagarbohan, pinangangaralan sila na mga nakababatang salinlahi ng inyong uri at pinauupo silang lahat kasama mo. Hindi ninyo alam na ang “mga inapo” ninyo ay matagal nang naubusan ng hininga at naiwala ang gawain Ko. Nagniningning ang luwalhati Ko mula sa lupain ng Silangan hanggang sa lupain ng Kanluran, gayon pa man sa paglaganap nito hanggang sa mga dulo ng lupa at sa pagsisimula nitong bumangon at magingning, kukunin Ko ang luwalhati Ko mula sa Silangan at dadalhin ito sa Kanluran upang ang mga tao ng kadiliman, na tinalikuran Ako sa Silangan, ay pagkakaitan ng pagtanglaw mula sa sandaling iyon. Kapag nangyari iyon, mamumuhay kayo sa lambak ng anino. Bagamat ang mga tao sa mga araw na ito ay isandaang beses na mas mabuti kaysa noon, hindi pa rin nila natutugunan ang mga hinihingi Ko, at hindi pa rin sila isang patotoo sa luwalhati Ko. Ang pagiging isandaang beses na mas mabuti ninyo kaysa noon ay resultang lahat ng gawain Ko; ito ang bungang dala ng gawain Ko sa lupa. Gayunman, nakararamdam pa rin Ako ng pagkasuklam sa mga salita at gawain ninyo, pati na rin sa pagkatao ninyo, at nakararamdam Ako ng labis na paghihinanakit sa paraan ng pagkilos ninyo sa harap Ko, dahil wala kayong anumang pagkaunawa sa Akin. Kung gayon, paano ninyo maisasabuhay ang luwalhati Ko, at paano kayo magiging lubusang matapat sa gawain Ko sa hinaharap? Napakaganda ng pananampalataya ninyo; sinasabi ninyong handa kayong gugulin ang buong buhay ninyo sa ngalan ng gawain Ko, at na handa kayong ialay ang mga buhay ninyo para dito, ngunit hindi gaanong nagbago ang mga disposisyon ninyo. Mapagmataas lamang kayong nagsasalita, sa kabila ng katotohanang ubod ng sama ng aktuwal na pag-uugali ninyo. Ito ay para bang nasa langit ang mga dila at labi ng mga tao ngunit naroroon sa lupa ang mga binti nila, at

^a Wala sa orihinal na teksto ang pariralang “Sa ganitong paraan.”

bunga nito, gutay-gutay at wasak pa rin ang mga salita at mga gawa at mga dangal nila. Nawasak na ang mga dangal ninyo, malahayop ang ugali ninyo, ang paraan ninyo ng pagsasalita ay mababa, at kasuklam-suklam ang mga buhay ninyo; maging ang kabuuan ng pagkatao ninyo ay lumubog na sa hamak na kababaan. Makitid ang isip ninyo tungo sa iba, at nakikipagtalo kayo sa bawat maliit na bagay. Nakikipag-away kayo tungkol sa sarili ninyong mga reputasyon at katayuan, kahit na sa puntong handa kayong bumaba sa impiyerno at sa lawa ng apoy. Sapat na sa Akin ang kasalukuyang mga salita at mga gawa ninyo upang matukoy na makasalanan kayo. Ang saloobin ninyo tungo sa gawain Ko ay husto na para matukoy Ko na kayo ay mga di-matuwid, at ang lahat ng mga disposisyon ninyo ay sapat na upang masabing kayo ay ang mga marurungis na kaluluwang puno ng mga karimarimarim na bagay. Ang mga ipinamamalas ninyo at kung ano ang ibinubunyag ninyo ay husto na upang sabihing mga tao kayong nakainom ng labis na dugo ng maruruming espiritu. Kapag nababanggit ang pagpasok sa kaharian, hindi ninyo ibinubunyag ang mga damdamin ninyo. Naniniwala ba kayong kung ano kayo ngayon ay sapat na para makalakad kayo papasok sa pultahan ng Aking kaharian ng langit? Naniniwala ba kayong makakapasok kayo sa banal na lupain ng gawain at mga salita Ko, nang hindi Ko muna nasusubok ang sarili ninyong mga salita at mga gawa? Sino ang makapagtatakip sa mga mata Ko? Paano makatatakas sa paningin Ko ang kasuklam-suklam at abang mga pag-uugali at mga pakikipag-usap ninyo? Natukoy Ko na ang mga buhay ninyo bilang mga buhay ng pag-inom ng dugo at pagkain ng laman nila na maruruming espiritu sapagkat tinutularan ninyo ang mga ito sa harapan Ko bawat araw. Sa harap Ko, masyadong masama ang pag-uugali ninyo, kaya paano Ko kayo hindi maituturing na nakasusuklam? Naglalaman ang mga salita ninyo ng mga karumihan ng maruruming espiritu: Nanlilinlang, nagkukubli, at nambobola kayo kagaya nila na nakikibahagi sa pangkukulam at kagaya nila na taksil at umiinom ng dugo ng mga hindi matuwid. Ubod ng baliko ang lahat ng mga pagpapahayag ng tao, kaya paano mailalagay ang lahat ng tao sa banal na lupain kung saan naroroon ang mga matuwid? Iniisip mo bang ituturing kang banal dahil sa kasuklam-suklam mong pag-uugali kumpara sa kanila na hindi matuwid? Sisirain kalaunan ng mala-ahas mong dila itong laman mong nagdudulot ng pagkawasak at gumagawa ng mga karimarimarim na bagay, at ang mga kamay mong iyon na nababalutan ng dugo ng maruruming espiritu ay hihilahin din kalaunan ang kaluluwa mo sa impiyerno. Kung gayon, bakit hindi ka lumulukso sa pagkakataong ito na linisin ang mga kamay mong puno ng dungis? At bakit hindi mo sinasamantala ang pagkakataong ito na putulin ang dila mong iyan na nagsasalita ng hindi matuwid na mga salita? Maaari kayang handa kang magdusa sa mga apoy ng impiyerno alang-alang sa mga kamay, dila, at mga labi mo? Binabantayan Ko ng dalawang mata ang puso ng lahat, sapagkat matagal na panahon bago Ko pa nilikha ang sangkatauhan, nahawakan Ko na ang mga puso nila sa Aking mga kamay. Matagal Ko nang natalos ang mga puso ng mga tao, kaya paano makatatakas sa paningin Ko ang mga kaisipan nila? Paanong

hindi pa masyadong huli upang makatakas sila sa pagsunog ng Espiritu Ko?

Mas mabait kaysa sa mga kalapati ang mga labi mo, ngunit ang puso mo ay mas masama kaysa sa ahas noong unang panahon. Kasing ganda maging ng mga kababaihan ng Lebanon ang mga labi mo, gayon pa man hindi mas mabuti ang puso mo kaysa sa kanila, at tiyak na hindi ito maihahambing sa kagandahan ng mga taga-Canaan. Masyadong taksil ang puso mo! Ang mga bagay na kinasusuklanan Ko ay ang mga labi lamang ng mga hindi matuwid at ang mga puso nila, at ang mga hinihingi Ko sa mga tao ay hindi mas mataas sa anumang paraan kaysa sa inaasahan Ko sa mga banal; nakararamdam lamang Ako ng pagkasuklam para sa masasamang gawain ng mga hindi matuwid, at umaasa Akong magagawa nilang itakwil ang karumihan nila at tumakas mula sa kasalukuyan nilang suliranin upang umangat sila mula sa kanila na hindi matuwid at mamuhay at maging banal kasama nila na matuwid. Kayo ay nasa kalagayang katulad ng sa Akin, gayon pa man nababalot kayo ng dungis; hindi man lamang kayo nagtataglay ni katiting ng pinakaunang wangis ng mga taong nilikha noong simula. Bukod dito, sapagkat araw-araw ninyong tinutularan ang tulad nila na maruruming espiritu, ginagawa ang ginagawa nila at sinasabi ang sinasabi nila, ang lahat ng mga bahagi ninyo—maging ang mga dila at mga labi ninyo—ay nakababad sa mabahong tubig nila, hanggang sa puntong ganap na kayong nababalutan ng gayong mga mantsa, at wala kahit isang bahagi ninyo ang maaaring gamitin para sa gawain Ko. Masyado itong makadurog-puso! Namumuhay kayo sa ganitong daigdig ng mga kabayo at baka, gayon pa man ay hindi talaga kayo nakararamdam ng ligalig; puno kayo ng galak at namumuhay kayo nang malaya at magaan. Lumalangoy kayo sa paligid ng mabahong tubig na iyon, gayon pa man hindi mo talaga napagtatantong nahulog ka na sa gayong suliranin. Bawat araw, nakikisama ka sa maruruming espiritu at nakikipag-ugnayan sa “dumi ng tao.” Talagang bulgar ang mga buhay ninyo, gayon pa man hindi mo talaga namamalayang lubos kang hindi umiiral sa daigdig ng mga tao at na hindi ikaw ang nagkokontrol sa sarili mo. Hindi mo ba alam na ang buhay mo ay matagal nang nayurakan ng maruruming espiritu ng iyon, o na ang pagkatao mo ay matagal nang nadungisan ng mabahong tubig? Iniisip mo bang namumuhay ka sa panlupang paraiso, at na nasa gitna ka ng kaligayahan? Hindi mo ba alam na namuhay ka ng isang buhay sa tabi ng maruruming espiritu, at na magkasama kayong umiral kasama ng lahat ng bagay na inihanda ng mga ito para sa iyo? Paano magkakaroon ng anumang kahulugan ang paraan ng pamumuhay mo? Paano magkakaroon ng anumang halaga ang buhay mo? Naging masyado kang abala para sa mga magulang mo, mga magulang na maruruming espiritu, gayon pa man wala ka talagang hinagap na ang mga sumisilo sa iyo ay sila na mga magulang na maruruming espiritu na nagsilang sa iyo at nagpalaki sa iyo. Bukod dito, lingid sa kaalaman mong ang lahat ng dungis mo sa katunayan ay ibinigay nila sa iyo; ang alam mo lamang ay na maaari ka nilang dalhan ng “pagtatamasa,” hindi ka nila kinakastigo, ni hindi ka nila hinahatulan, at lalong hindi ka nila sinusumpa. Hindi pa kailanman sila pumutok sa galit sa iyo, ngunit tinatrato ka nila nang may paggiliw at kabaitan. Ang mga salita nila ay

bumubusog sa puso mo at bumibighani sa iyo hanggang sa malito ka at, nang hindi ito napagtatanto, ikaw ay idinamay na nila at handa nang maglingkod sa kanila at nagiging labasan ng sama ng loob at tagasilbi nila. Wala kang anumang karaingan, ngunit handa kang gumawa para kanila na parang mga aso, parang mga kabayo; nilinlang ka nila. Sa dahilang ito, ganap na wala kang reaksiyon sa gawaing isinasakatuparan Ko. Hindi nakapagtataakang palagi mong nais na palihim na lumusot sa mga daliri Ko, at hindi nakapagtataakang palagi mong nais gumamit ng matatamis na salita upang mapanlinlang na humingi ng pabor mula sa Akin. Lumalabas na mayroon ka nang iba pang plano, iba pang pagsasaayos. Maaari mong makita nang kaunti ang mga kilos Ko bilang ang Makapangyarihan, ngunit wala ka ni katiting na kaalaman sa paghatol at pagkastigo Ko. Wala kang hinagap kung kailan nagsimula ang pagkastigo Ko; ang alam mo lamang ay kung paano Ako dayain—gayon pa man hindi mo alam na hindi Ako magpaparaya sa anumang paglabag mula sa tao. Yamang gumawa ka na ng mga resolusyon na paglingkuran Ako, hindi kita pakakawalan. Isa Akong Diyos na mapanibugho, at isa Akong Diyos na naninibugho sa sangkatauhan. Yamang nailagay mo na ang mga salita mo sa dambana, hindi Ko kukunsintihin ang pagtakbo mo sa mismong harap ng mga mata Ko, ni hindi Ko kukunsintihin na naglilingkod ka sa dalawang panginoon. Inisip mo bang maaari kang magkaroon ng pangalawang pagmamahal matapos mong mailagay na ang mga salita mo sa dambana Ko at sa harap ng mga mata Ko? Paano Ko mapapayagan ang mga tao na gawin Akong isang hangal sa gayong paraan? Inisip mo bang maaari kang basta-basta gumawa ng mga panata at mga panunumpa sa Akin gamit ang dila mo? Paano ka nakagagawa ng mga panunumpa sa trono Ko, ang trono Ko na Siyang Kataas-taasan? Inisip mo bang lumipas na ang mga panunumpa mo? Hayaan ninyong sabihin Ko sa inyo: Kahit pa maaaring pumanaw ang mga laman ninyo, ang mga panunumpa ninyo ay hindi. Sa katapusan, parurusahan Ko kayo batay sa mga panunumpa ninyo. Gayunman, naniniwala kayong magagawa ninyong makitungo sa Akin sa pamamagitan ng paglalagay ng mga salita ninyo sa harap Ko, at na makapaglilingkod sa maruruming espiritu at masasamang espiritu ang mga puso ninyo. Paano makapagpaparaya ang galit Ko sa kanila na malaaso at malababoy na mga taong dinaraya Ako? Dapat Kong isakatuparan ang mga atas administratibo Ko, at agawin pabalik mula sa mga kamay ng maruruming espiritu ang lahat ng labis na pormal at “relihiyoso” na mayroong pananampalataya sa Akin upang maaari silang “maghintay” sa Akin sa isang disiplinadong pamamaraan, maging Aking baka, maging Aking mga kabayo, at maging nasa awa ng Aking pagkakatatay. Ipag-uutos Ko sa iyong ibalik ang dati mong determinasyon at muling paglingkuran Ako. Hindi Ako magpaparaya sa anumang nilikhang nanlilinlang sa Akin. Inisip mo bang maaari kang walang taros na gumawa ng mga hiling at magsinungaling sa harapan Ko? Inisip mo bang hindi Ko narinig o nakita ang mga salita at mga gawa mo? Paano mawawala sa paningin Ko ang mga salita at mga gawa mo? Paano Ko mapahihintulutan ang mga tao na linlangin Ako na katulad niyan?

Nasa gitna na ninyo Ako, nakikisalamuha sa inyo sa loob ng ilang tagsibol at taglagas; namuhay na Ako sa gitna ninyo sa loob ng matagal na panahon, at namuhay kasama ninyo. Gaano karami sa kasuklam-suklam ninyong pag-uugali ang nakalampas sa mismong harapan ng mga mata Ko? Patuloy na umaalingawngaw sa mga tainga Ko ang mga taos-puso ninyong mga salita; milyun-milyon ng mga mithiin ninyo ang nailatag na sa dambana Ko—masyadong marami upang mabilang. Gayunman, sa inyong dedikasyon at ayon sa kung ano ang ginugugol ninyo, hindi kayo nagbibigay nang kahit karampot. Hindi man lamang kayo naglalagay ng kahit isang munting patak ng katapatan sa dambana Ko. Nasaan ang mga bunga ng paniniwala ninyo sa Akin? Nakatanggap kayo ng walang-hanggang biyaya mula sa Akin, at nakakita kayo ng walang-hanggang mga hiwaga mula sa langit; ipinakita Ko pa sa inyo ang mga apoy ng langit, ngunit hindi Ko maatim na sunugin kayo. Gayon man, gaano karami ang naibigay ninyo sa Akin bilang kapalit? Gaano karami ang handa kayong ibigay sa Akin? Sa pamamagitan ng pagkaing ibinigay Ko sa iyo na nasa kamay mo, bumaling ka at iniaalay ito sa Akin, kahit umaabot pang sabihing isa itong bagay na nakuha mo kapalit ng pawis ng pinaghirapan mo at na iniaalay mo sa Akin ang lahat ng pag-aari mo. Paanong hindi mo alam na ang “mga ambag” mo sa Akin ay ang lahat ng ninakaw mo lamang mula sa dambana Ko? Bukod dito, ngayon na iniaalay mo ang mga iyan sa Akin, hindi mo ba Ako dinadaya? Paanong hindi mo alam na ang tinatamasa Ko ngayon ay lahat ng mga handog sa dambana Ko, at hindi kung ano ang kinita mo mula sa pagsisipag mo at pagkatapos ay inialay sa Akin? Talagang nangangahas kayong dayain Ako sa ganitong paraan, kaya paano Ko kayo mapapatawad? Paano ninyo nagagawang umasa na matitiis Ko pa ito nang mas matagal? Naibigay Ko na ang lahat-lahat sa inyo. Nabuksan Ko na ang lahat-lahat sa inyo, nagtustos para sa mga pangangailangan ninyo, at binuksan ang mga mata ninyo, gayon pa man ay dinadaya ninyo Ako na katulad nito, binabalewala ang mga budhi ninyo. Walang pag-iimbot Kong iginawad ang lahat-lahat sa inyo upang kahit pa nagdurusa kayo, nagkamit pa rin kayo mula sa Akin ng lahat-lahat ng nadala Ko mula sa langit. Sa kabila nito, wala kayong dedikasyon sa anumang paraan, at kahit na nakagawa kayo ng munting ambag, sinusubukan ninyong “makipag-ayos ng mga talaan” sa Akin pagkatapos. Hindi ba ang ambag mo ay mawawalan ng halaga? Ang naibigay mo sa Akin ay isang butil lamang ng buhangin, gayon pa man ang hiningi mo sa Akin ay isang toneladang ginto. Hindi ka ba nagiging wala sa katwiran? Gumagawa Ako sa gitna ninyo. Lubos na walang bakas ng sampung porsiyentong dapat Akong mabigyan, lalo na ng anumang karagdagang mga sakripisyo. Higit pa rito, ang sampung porsiyentong iyon na iniambag nila na tapat ay sinunggaban ng masasama. Hindi ba kayo nakakalat na lahat mula sa Akin? Hindi ba kayo palatutol na lahat sa Akin? Hindi ba ginigiba ninyong lahat ang dambana Ko? Paano makikita bilang mga kayamanan sa mga mata Ko ang gayong mga tao? Hindi ba sila mga baboy at mga asong kinamumuhian Ko? Paano Ko ituturing ang paggawa ninyo ng masama bilang isang kayamanan? Para kanino talaga ang ginagawa Ko? Maaari bang ang layunin nito

ay para lamang hampasin kayong lahat upang ibunyag ang awtoridad Ko? Hindi ba ang mga buhay ninyo ay nakasalalay lahat sa iisang salita mula sa Akin? Bakit kaya gumagamit lamang Ako ng mga salita upang tagubilinan kayo, at hindi ginawang mga katotohanan ang mga salita upang hampasin kayo sa lalong madaling panahon na kaya Ko? Ang layunin ba ng mga salita at gawain Ko ay para lamang hampasin ang sangkatauhan? Isa ba Akong Diyos na walang habas na pumapatay ng mga walang sala? Sa ngayon, ilan sa inyo ang pumupunta sa harap Ko sa inyong buong pagkatao upang maghangad ng tamang landas sa buhay ng mga tao? Ito lamang mga katawan ninyo ang nasa harapan Ko; nakatakas pa rin ang mga puso ninyo, at malayung-malayo sa Akin. Sapagkat hindi ninyo alam kung ano talaga ang gawain Ko, mayroong ilan sa inyong nais na lisanin Ako at ilayo ang mga sarili ninyo mula sa Akin, at sa halip ay umaasa na mamumuhay sa isang paraisong walang pagkastigo o paghatol. Hindi ba ito ang hinahangad ng mga tao sa mga puso nila? Tiyak na hindi Ko sinusubukang pilitin ka. Anumang landas ang tatahakin mo ay sarili mong kagustuhan. Ang landas ngayon ay may kasamang paghatol at mga sumpa, ngunit dapat malaman ninyong lahat na ang lahat ng iginawad Ko sa inyo—maging mga paghatol man ito o mga pagkastigo—ay ang mga pinakamahusay na kaloob na maipagkakaloob Ko sa inyo, at ang lahat ng mga ito ay mga bagay na kailangang-kailangan na ninyo.

Ang Gawain sa Kapanahunan ng Kautusan

Ang gawaing ginawa ni Jehova sa mga Israelita ay itinatag sa sangkatauhan, ang panlupang lugar na pinagmulan ng Diyos, na siya ring sagradong lugar kung saan Siya naroroon. Itinuon Niya ang Kanyang gawain sa mga tao ng Israel. Noong una, hindi Siya gumawa sa labas ng Israel, ngunit sa halip, pumili Siya ng mga taong natagpuan Niyang angkop upang malimitahan ang nasasaklawan ng gawain Niya. Ang Israel ay ang lugar kung saan nilikha ng Diyos sina Adan at Eba, at ginawa ni Jehova ang tao mula sa alabok sa lugar na iyon; ang lugar na ito ang naging himpilan ng gawain Niya sa lupa. Ang mga Israelita, na mga inapo ni Noe at mga inapo rin ni Adan, ay ang mga pantaong saligan ng gawain ni Jehova sa lupa.

Sa panahong ito, ang kabuluhan, layunin, at mga hakbang ng gawain ni Jehova sa Israel ay upang simulan ang gawain Niya sa buong mundo, na ang Israel ang nasa sentro at unti-unting lumaganap sa mga bansang Hentil. Nakaayon sa prinsipyong ito ang paraan ng Kanyang paggawa sa buong sansinukob—upang magtatag ng huwaran at pagkatapos ay palawakin ito hanggang sa ang lahat ng tao sa sansinukob ay nakatanggap na ng ebanghelyo Niya. Ang unang mga Israelita ay ang mga inapo ni Noe. Ang mga taong ito ay pinagkalooban lamang ng hininga ni Jehova, at nakaunawa nang sapat upang asikasuhin ang mga pangunahing pangangailangan sa buhay, ngunit hindi nila alam kung anong uri ng Diyos si Jehova, o kung ano ang kalooban Niya para sa tao,

lalo na kung paano nila dapat igalang ang Panginoon ng buong sangnilikha. Patungkol naman sa kung mayroong mga alituntunin at mga kautusan na dapat sundin,^a o kung may isang tungkuling dapat gampanan ang mga nilalang para sa Lumikha, walang alam ang mga inapo ni Adan sa mga bagay na ito. Ang alam lamang nila ay na dapat magpawis at magsikap ang asawang lalaki upang matustusan ang pamilya niya, at na dapat magpasakop ang asawang babae sa kanyang asawang lalaki at ipagpatuloy ang lahi ng mga tao na nilikha ni Jehova. Sa madaling salita, ang gayong mga tao, na tanging nagkaroon lamang ng hininga ni Jehova at buhay Niya, ay hindi nalalaman kung paano sundin ang mga kautusan ng Diyos o kung paano bigyang-kasiyahan ang Panginoon ng buong sangnilikha. Lubhang napakaliit ang naunawaan nila. Kaya bagamat walang kabuktutan o panlilinlang sa mga puso nila at bihirang umusbong ang pagseselos at pagtatalo sa kanila, gayunman ay wala silang kaalaman o pagkaunawa kay Jehova, ang Panginoon ng buong sangnilikha. Ang alam lamang ng mga ninunong ito ng tao ay ang kumain ng mga bagay ni Jehova, at tamasahin ang mga bagay ni Jehova, ngunit hindi nila alam kung paano igalang si Jehova; hindi nila alam na si Jehova ang Siyang dapat nilang sambahin nang nakaluhod. Kaya paano sila matatawag na mga nilalang Niya? Kung magkagayon, hindi ba ang mga salitang, “Si Jehova ay ang Panginoon ng buong sangnilikha” at “Nilikha Niya ang tao upang maipamalas Siya ng tao, luwalhatiin Siya, at katawanin Siya” ay nasabi nang walang katuturan? Paanong ang mga taong walang pagpitagan kay Jehova ay naging patotoo ng kaluwalhatian Niya? Paano sila naging pagpapamalas ng kaluwalhatian Niya? Hindi ba ang mga salita ni Jehova na “Nilikha Ko ang tao sa larawan Ko” kung gayon ay naging sandata sa mga kamay ni Satanas na masama? Hindi ba ang mga salitang ito kung gayon ay naging isang tatak ng kahihyan sa paglikha ni Jehova sa tao? Upang gawing ganap ang yugtong iyon ng gawain, pagkaraang likhain ang sangkatauhan, si Jehova ay hindi sila tinagubilinan o ginabayan mula kay Adan hanggang kay Noe. Sa halip, pagkaraang wasakin ng baha ang daigdig Siya nagsimulang pormal na gabayan ang mga Israelita, na mga inapo ni Noe at gayundin ni Adan. Ang gawain at mga pagbigkas Niya sa Israel ay nagbigay ng patnubay sa lahat ng tao ng Israel habang namumuhay sila sa buong lupain ng Israel, na nagpakita sa sangkatauhan na si Jehova ay hindi lamang kayang humihip ng hininga sa tao, upang magkaroon siya ng buhay mula sa Kanya at bumangon mula sa alabok at maging nilikhang tao, kundi maaari rin Niyang sunugin ang sangkatauhan, at sumpain ang sangkatauhan, at gamitin ang pamalo Niya upang pamahalaan ang sangkatauhan. Kaya rin nakita nila na maaaring gabayan ni Jehova ang buhay ng tao sa lupa, at magsalita at gumawa sa gitna ng sangkatauhan ayon sa mga oras ng araw at ng gabi. Ang gawaing ginawa Niya ay tanging upang mabatid ng mga nilalang Niya na nagmula ang tao sa alabok na pinulot Niya, at bukod dito, na ginawa Niya ang tao. Hindi lamang iyan, kundi una Niyang ginawa ang gawain Niya sa Israel upang ang ibang mga tao at mga

^a Wala sa orihinal na teksto ang pariralang “dapat sundin.”

bansa (na sa katunayan ay hindi hiwalay mula sa Israel, bagkus ay nagsanga mula sa mga Israelita, gayon pa man nagmula pa rin kina Adan at Eba) ay maaaring tumanggap ng ebanghelyo ni Jehova mula sa Israel, upang ang lahat ng nilikha sa sansinukob ay maigagalang si Jehova at ituring Siyang dakila. Kung hindi sinimulan ni Jehova ang gawain Niya sa Israel, ngunit sa halip, sa paglikha sa sangkatauhan, ay hinayaan silang mamuhay sa lupa nang walang inaalala, sa usaping iyon, dahil sa pisikal na kalikasan ng tao (ang ibig sabihin ng kalikasan ay hindi kailanman malalaman ng tao ang mga bagay na hindi niya nakikita, na ang ibig sabihin ay hindi niya malalaman na si Jehova ang lumikha sa sangkatauhan, at lalo na kung bakit Niya ginawa ito), hindi niya kailanman malalaman na si Jehova ang lumikha sa sangkatauhan o na Siya ang Panginoon ng buong sangnilikha. Kung nilikha ni Jehova ang tao at inilagay siya sa daigdig, at basta pinagpag ang alikabok mula sa mga kamay Niya at umalis, sa halip na manatili sa gitna ng sangkatauhan para bigyan sila ng patnubay sa loob ng ilang panahon, kung gayon ang sangkatauhan ay bumalik sana sa kawalan; maging ang langit at lupa at ang lahat ng di-mabilang na bagay na ginawa Niya, at ang buong sangkatauhan, ay bumalik sana sa kawalan at bukod dito ay niyurakan na ni Satanas. Sa ganitong paraan ang nais ni Jehova na “Sa lupa, iyon ay, sa gitna ng Kanyang nilikha, marapat Siyang magkaroon ng lugar na matitindigan, isang banal na lugar” ay nasira na. At kaya, matapos likhain ang sangkatauhan na sinamahan Niya upang gabayan sila sa mga buhay nila, at kausapin sila sa gitna nila—ang lahat ng ito ay upang mapagtanto ang hangad Niya, at makamtan ang plano Niya. Ang gawain na ginawa Niya sa Israel ay nilayon lamang na isakatuparan ang plano na ginawa Niya bago ang paglikha Niya ng lahat ng bagay, at samakatuwid ang paggawa Niya muna sa gitna ng mga Israelita at ang paglikha Niya ng lahat ng mga bagay ay hindi salungat sa isa’t isa, kundi kapwa ginawa para sa kapakanan ng pamamahala Niya, gawain Niya, at luwalhati Niya, at ginawa upang laliman ang kahulugan ng paglikha Niya sa sangkatauhan. Ginabayan Niya ang buhay ng sangkatauhan sa lupa nang dalawang libong taon pagkatapos ni Noe, kung kailan ay tinuruan Niya ang sangkatauhan na unawain kung paano igalang si Jehova, ang Panginoon ng buong sangnilikha, kung paano pamamahalaan ang mga buhay nila, at kung paano magpatuloy sa pamumuhay, at higit sa lahat, kung paano kumilos bilang saksi para kay Jehova, magbigay sa Kanya ng pagsunod, at bigyan Siya ng pagpipitagan, maging ang purihin Siya sa pamamagitan ng musikang katulad ng ginawa ni David at ng mga pari niya.

Bago ang dalawang libong taon kung kailan ginawa ni Jehova ang gawain Niya, walang alam ang tao, at nahulog sa kabuktutan ang halos lahat ng sangkatauhan, hanggang, bago ang pagkawasak ng mundo sa pamamagitan ng baha, umabot sila sa isang kasukdulan ng kahalayan at katiwalian kung saan ang mga puso nila ay ganap na walang-walang Jehova at karagdagang pagnanais ng daan Niya. Hindi nila kailanman naunawaan ang gawaing gagawin ni Jehova; kulang sila sa katwiran, mayroong mas kaunting kaalaman, at, katulad ng mga makinang humihinga, ay lubos na mangmang sa

tao, sa Diyos, sa daigdig, sa buhay, at iba pa. Sa lupa, nakilahok sila sa maraming mga pang-aakit, katulad ng ahas, at nagsalita ng maraming bagay na nakasakit kay Jehova, ngunit sapagkat mangmang sila, hindi sila kinastigo o dinisiplina ni Jehova. Tanging pagkatapos ng baha, noong si Noe ay 601 taong gulang, pormal na nagpakita si Jehova kay Noe at ginabayan siya at ang pamilya niya, nanguna sa mga ibon at mga hayop na nakaligtas sa baha kasama si Noe at ang mga inapo niya, hanggang sa katapusan ng Kapanahunan ng Kautusan, na tumagal ng 2,500 taon. Nasa gawain Siya sa Israel, iyon ay, pormal na nasa gawain, sa loob ng 2,000 taon sa kabuuan, at nasa gawain kapwa sa Israel at sa labas nito nang 500 taon, na kapag pinagsama ay 2,500 taon. Sa panahong ito, tinagubilinan Niya ang mga Israelita na upang maglingkod kay Jehova, dapat silang magtayo ng isang templo, magsuot ng mga pang-paring kasuotan, at lumakad nang nakayapak sa templo sa madaling araw, dahil baka dungisan ng mga sapatos nila ang templo at ang apoy ay ipadala pababa sa kanila mula sa tugatog ng templo at sunugin sila hanggang kamatayan. Isinakatuparan nila ang kanilang mga tungkulin at nagpasakop sa mga plano ni Jehova. Nanalangin sila kay Jehova sa templo, at pagkatapos tumanggap ng paghahayag ni Jehova, iyon ay, pagkatapos magsalita ni Jehova, pinangunahan nila ang maraming tao at tinuruan sila na dapat silang magpakita ng pagpipitagan kay Jehova—ang Diyos nila. At sinabihan sila ni Jehova na dapat silang magtayo ng templo at ng dambana, at sa oras na itinakda ni Jehova, iyon ay sa Paskwa, dapat silang maghanda ng mga bagong silang na guya at mga cordero upang ilagay sa dambana bilang mga alay upang isakripisyo kay Jehova, upang pigilan sila at lagyan ng pagpipitagan para kay Jehova sa mga puso nila. Ang pagsunod nila sa kautusang ito ang naging sukatan ng katapatan nila kay Jehova. Itinalaga rin ni Jehova ang Araw ng Kapahingahan para sa kanila, ang ikapitong araw ng paglikha Niya. Kinabukasan pagkaraan ng Araw ng Kapahingahan, ginawa Niya ang unang araw, isang araw para purihin nila si Jehova, para mag-alay sa Kanya ng mga handog, at lumikha ng musika para sa Kanya. Sa araw na ito, kinalap ni Jehova ang lahat ng mga pari upang hatiin ang mga handog na nasa dambana para kainin ng mga tao, upang matamasa nila ang mga handog sa dambana ni Jehova. At sinabi ni Jehova na pinagpala sila, na nagbahagi sila ng isang putol sa Kanya, at na sila ang hinirang na mga tao Niya (na siyang tipan ni Jehova sa mga Israelita). Ito ang dahilan kaya hanggang sa araw na ito, sinasabi pa rin ng mga tao ng Israel na si Jehova ay Diyos lamang nila, at hindi Diyos ng mga Hentil.

Noong Kapanahunan ng Kautusan, naglatag si Jehova ng maraming mga utos kay Moises upang ipasa sa mga Israelitang sumunod sa kanya palabas ng Ehipto. Ang mga utos na ito ay ibinigay ni Jehova sa mga Israelita, at walang kaugnayan sa mga taga-Ehipto; nilayon ang mga ito upang pigilan ang mga Israelita, at ginamit Niya ang mga utos upang gumawa ng mga kahilingan sa kanila. Kung nangilin man sila sa Araw ng Kapahingahan, kung iginalang man nila ang kanilang mga magulang, kung sinamba man nila ang mga diyos-diyosan, at iba pa—ito ang mga prinsipyong ginagamit para hatulan silang makasalanang o matuwid. Sa kanila, mayroong ilang tinamaan ng apoy ni

Jehova, mayroong ilang binato hanggang kamatayan, at mayroong ilang tumanggap ng pagpapala ni Jehova, at tinukoy ito ng pagsunod nila o hindi pagsunod sa mga utos na ito. Binato hanggang kamatayan yaong mga hindi nangilin sa Araw ng Kapahingahan. Ang mga paring hindi nangilin sa Araw ng Kapahingahan ay tinamaan ng apoy ni Jehova. Binato rin hanggang kamatayan ang mga hindi nagpakita ng paggalang sa mga magulang nila. Inihabilin ni Jehova ang lahat ng ito. Itinatag ni Jehova ang Kanyang mga kautusan at mga batas Niya upang, habang pinangungunahan Niya sila sa mga buhay nila, ang mga tao ay makikinig at susunod sa salita Niya at hindi maghihimagsik sa Kanya. Ginamit Niya ang mga kautusang ito upang mapanatili sa ilalim ng pagsupil ang bagong silang na sangkatauhan, upang mas mainam na mailatag ang sandigan para sa panghinaharap Niyang gawain. At kaya, batay sa gawain na ginawa ni Jehova, tinawag ang unang kapanahunan na Kapanahunan ng Kautusan. Bagaman gumawa ng maraming pagbigkas at maraming ginawang gawain si Jehova, ginabayan lamang Niya ang mga tao sa positibong paraan, tinuturuan ang mga mangmang na taong ito kung paano maging tao, kung paano mamuhay, kung paano maunawaan ang daan ni Jehova. Sa malaking bahagi, ang gawaing ginawa Niya ay upang ang mga tao ay tumalima sa daan Niya at sundin ang mga kautusan Niya. Ang gawain ay ginawa sa mga taong mababaw ang katiwalian; hindi umabot ang saklaw nito sa pagbabago ng kanilang disposisyon o pag-unlad sa buhay. Interesado lamang Siya sa paggamit ng mga kautusan para higitan at supilin ang mga tao. Para sa mga Israelita sa panahong iyon, si Jehova ay isang Diyos lamang sa templo, isang Diyos sa kalangitan. Isa Siyang haliging ulap, isang haliging apoy. Ang kinakailangan lamang ni Jehova na gawin nila ay ang sumunod sa alam ng mga tao ngayon bilang mga batas at mga kautusan Niya—maaari pa ngang sabihin ng isang tao na mga alituntunin—sapagkat ang ginawa ni Jehova ay hindi nilayon para baguhin sila, kundi para bigyan sila ng mas maraming bagay na dapat magkaroon ang tao at para tagubilinan sila mula sa sarili Niyang bibig sapagkat, pagkaraang malikha, wala ang tao ng anumang dapat na tinataglay niya. At kaya, ibinigay ni Jehova sa mga tao ang mga bagay na dapat nilang tinataglay para sa mga buhay nila sa lupa, upang ang mga taong ito na Kanyang pinangunahan ay magawa na malampasan ang kanilang mga ninuno, sina Adan at Eba, sapagkat ang ibinigay ni Jehova sa kanila ay higit sa ibinigay Niya kina Adan at Eba sa simula. Anupaman, ang gawaing ginawa ni Jehova sa Israel ay upang gabayan lamang ang sangkatauhan at gawin ang sangkatauhan na kumikilala sa kanilang Lumikha. Hindi Niya sila nilupig o binago, kundi ginabayan lamang sila. Ito ang kabuuan ng gawain ni Jehova sa Kapanahunan ng Kautusan. Ito ang konteksto, ang totoong kuwento, ang diwa ng gawain Niya sa buong lupain ng Israel, at ang simula ng anim na libong taong gawain Niya—ang panatilihin ang sangkatauhan sa ilalim ng pagsupil ng kamay ni Jehova. Mula rito ay isinilang ang mas marami pang gawain sa anim-na-libong-taong plano ng pamamahala Niya.

Ang Totoong Kwento sa Likod ng Gawain sa Kapanahunan ng Pagtubos

Ang Aking buong plano ng pamamahala, ang anim-na-libong-taong plano ng pamamahala, ay binubuo ng tatlong yugto, o tatlong kapanahunan: ang Kapanahunan ng Kautusan sa simula; ang Kapanahunan ng Biyaya (na siya ring Kapanahunan ng Pagtubos); at ang Kapanahunan ng Kaharian sa mga huling araw. Ang Aking gawain sa tatlong kapanahunang ito ay nagkakaiba sa nilalaman ayon sa katangian ng bawat kapanahunan, ngunit sa bawat yugto angkop ang gawaing ito sa mga pangangailangan ng tao—o, para mas malinaw, ginagawa ito ayon sa mga panlilinlang na ginagamit ni Satanas sa Aking pakikidigma laban dito. Ang layunin ng Aking gawain ay upang talunin si Satanas, upang ipakita ang Aking karunungan at walang-hanggang kapangyarihan, upang ilantad ang lahat ng panlilinlang ni Satanas, at sa gayon ay mailigtas ang buong lahi ng tao, na nabubuhay sa ilalim ng sakop ni Satanas. Ito ay upang ipakita ang Aking karunungan at walang-hanggang kapangyarihan, at ibunyag ang di-mabatang pagiging kakila-kilabot ni Satanas; higit pa ryan, ito ay upang tulutan ang mga nilalang na makilala kung alin ang mabuti at masama, upang makilala na Ako ang Pinuno ng lahat ng bagay, upang makita nang malinaw na si Satanas ay kaaway ng sangkatauhan, ang tiwali, ang siyang masama, at upang masabi nila, nang may lubos na katiyakan, ang pagkakaiba sa pagitan ng mabuti at masama, katotohanan at kasinungalingan, kabanalan at karumihan, at kung ano ang dakila at ano ang hamak. Sa gayon ay makakaya ng mangmang na sangkatauhan na magpatotoo sa Akin na hindi Ako ang nagtitiwali sa sangkatauhan, at Ako lamang—ang Lumikha—ang makapagliligtas sa sangkatauhan, ang maaaring magkaloob sa tao ng mga bagay na makasisiya sa kanila; at malalaman nila na Ako ang Pinuno ng lahat ng bagay at si Satanas ay isa lamang sa mga nilalang na Aking nilikha at na paglaon ay kinalaban Ako. Ang Aking anim-na-libong-taong plano ng pamamahala ay nahahati sa tatlong yugto, at nagsisikap Akong makamit ang epekto ng pagbibigay-kakayahan sa Aking mga nilalang na magpatotoo sa Akin, at maunawaan ang Aking kalooban, at malaman na Ako ang katotohanan. Kaya, sa panahon ng naunang gawain ng Aking anim-na-libong-taong plano ng pamamahala, isinagawa Ko ang gawain ng kautusan, na siyang gawain kung saan si Jehova ang nanguna sa mga tao. Ang ikalawang yugto ay nagpasimula sa gawain ng Kapanahunan ng Biyaya sa mga nayon ng Judea. Si Jesus ang kumakatawan sa lahat ng gawain ng Kapanahunan ng Biyaya; Siya ay nagkatawang-tao, at ipinako sa krus, at Kanya ring pinasimulan ang Kapanahunan ng Biyaya. Siya ay ipinako sa krus upang matapos ang gawain ng pagtubos, wakasan ang Kapanahunan ng Kautusan at simulan ang Kapanahunan ng Biyaya, kaya Siya ay tinawag na “Kataas-taasang Pinuno,” ang “Handog para sa Kasalanan,” at ang “Manunubos.” Dahil dito, ang nilalaman ng gawain ni Jesus ay naiba sa gawain ni Jehova, kahit magkapareho ang mga iyon sa prinsipyo. Sinimulan ni Jehova ang Kapanahunan ng Kautusan, itinatag ang batayan—ang pinagmulan—ng

gawain ng Diyos sa lupa, at nagpalabas ng mga batas at kautusan. Ito ang dalawang bahagi ng gawain na Kanyang isinakatuparan, at kumakatawan ang mga ito sa Kapanahunan ng Kautusan. Ang gawaing ginawa ni Jesus sa Kapanahunan ng Biyaya ay hindi upang magpalabas ng mga batas, kundi upang tuparin ang mga ito, sa gayong paraan ay pinasimulan ang Kapanahunan ng Biyaya at winakasan ang Kapanahunan ng Kautusan na tumagal nang dalawang libong taon. Siya ang nanguna, na pumarito upang simulan ang Kapanahunan ng Biyaya, datapuwat ang pangunahing bahagi ng Kanyang gawain ay nasa pagtubos. Kaya nga ang Kanyang gawain ay may dalawa ring bahagi: pagsisimula ng isang bagong kapanahunan, at pagkumpleto sa gawain ng pagtubos sa pamamagitan ng pagpapapako Niya sa krus, na sinundan ng Kanyang paglisan. At mula noon ay nagwakas ang Kapanahunan ng Kautusan at nagsimula ang Kapanahunan ng Biyaya.

Ang gawaing ginawa ni Jesus ay naaayon sa mga pangangailangan ng tao sa kapanahunang iyon. Ang Kanyang tungkulin ay tubusin ang sangkatauhan, patawarin ang kanilang mga pagkakasala, kaya't ang Kanyang disposisyon ay ganap na isang kapakumbabaan, pagpapasensya, pag-ibig, kabanalan, pagtitiis, awa, at kagandahang-loob. Nagdala Siya ng saganang biyaya at mga pagpapala sa sangkatauhan, at lahat ng bagay na maaaring tamasahin ng mga tao, Kanyang ibinigay sa kanila para sa kanilang kasiyahan: kapayapaan at kaligayahan, ang Kanyang pagpaparaya at pagmamahal, Kanyang awa at kagandahang-loob. Noon, ang saganang mga bagay na nakasisiya na naranasan ng mga tao—ang damdamin ng kapayapaan at seguridad sa kanilang kalooban, ang damdamin ng kapanatagan sa kanilang espiritu, at ang kanilang pag-asa kay Jesus na Tagapagligtas—ay umiral na lahat sa kapanahunan na nabuhay sila. Sa Kapanahunan ng Biyaya, nagawa nang tiwali ni Satanas ang tao, kaya para magawa ang gawain ng pagtubos sa buong sangkatauhan, kinailangan ang saganang biyaya, walang-katapusang pagtitiis at pagpapasensya, at higit pa rito, isang handog na sapat para magbayad-sala para sa mga kasalanan ng sangkatauhan, upang magkaroon ito ng epekto. Ang nakita ng sangkatauhan sa Kapanahunan ng Biyaya ay yaon lamang handog Kong pagbabayad-sala para sa mga kasalanan ng sangkatauhan: si Jesus. Ang alam lamang nila ay na maaaring maging maawain at matiisin ang Diyos, at ang nakita lamang nila ay ang awa at kagandahang-loob ni Jesus. Ito ay dahil lamang sa ipinanganak sila sa Kapanahunan ng Biyaya. Kaya nga, bago sila maaaring tubusin, kinailangan nilang matamasa ang maraming uri ng biyaya na ipinagkaloob ni Jesus sa kanila upang makinabang sila rito. Sa ganitong paraan, maaari silang mapatawad sa kanilang mga kasalanan sa pamamagitan ng pagtatamasa nila ng biyaya, at maaari din silang magkaroon ng pagkakataong matubos sa pamamagitan ng pagtatamasa ng pagtitiis at pagpapasensya ni Jesus. Sa pamamagitan lamang ng pagtitiis at pagpapasensya ni Jesus sila nagkakaroon ng karapatang tumanggap ng kapatawaran at magtamasa ng saganang biyaya na ipinagkaloob ni Jesus. Gaya ng sabi ni Jesus: Ako ay pumarito hindi upang tubusin ang matuwid kundi ang mga makasalanan, upang tulutan ang mga

makasalanang na mapatawad sa kanilang mga kasalanan. Kung si Jesus, noong Siya ay naging tao, ay nagdala ng disposisyon ng paghatol, sumpa, at kawalan ng pagpaparaya sa mga kasalanan ng tao, hindi kailanman magkakaroon ng pagkakataon ang tao na matubos, at mananatili silang makasalanang magpakailanman. Kung nagkagayon, tumigil na sana ang anim-na-libong-taong plano ng pamamahala noong Kapanahunan ng Kautusan, at tumagal sana nang anim na libong taon ang Kapanahunan ng Kautusan. Lalo pa sanang dumami at bumigat ang mga kasalanan ng tao, at nauwi sana sa wala ang paglikha sa sangkatauhan. Si Jehova lamang sana ang napaglingkuran ng mga tao sa ilalim ng kautusan, ngunit mas marami sana ang kanilang mga kasalanan kaysa roon sa mga tao na unang nilikha. Habang lalong minahal ni Jesus ang sangkatauhan, pinatatawad ang kanilang mga kasalanan at pinagkakalooban sila ng sapat na awa at kagandahang-loob, lalong nagkaroon ng karapatan ang sangkatauhan na mailigtas ni Jesus, na matawag na mga nawawalang tupa na binili ni Jesus sa napakalaking halaga. Hindi maaaring makialam si Satanas sa gawaing ito, dahil pinakitunguhan ni Jesus ang Kanyang mga tagasunod na parang pakikitungo ng isang mapagmahal na ina sa sanggol na nasa kanyang sinapupunan. Hindi Siya nagtanim ng galit sa kanila ni hindi Niya sila hinamak, kundi Siya ay puno ng kaaliwan; hindi kailanman sumiklab ang Kanyang galit sa kanila, kundi tiniis Niya ang kanilang mga kasalanan at nagbulag-bulagan sa kanilang mga kahangalan at kamangmangan, at sinabi pang, “Patawarin ninyo ang iba nang pitumpung pitong beses.” Binago ng puso Niya nang ganoon ang puso ng iba, at sa ganoong paraan lamang natanggap ng mga tao ang kapatawaran sa kanilang mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang pagtitiis.

Bagama’t si Jesus sa Kanyang pagkakatawang-tao ay lubos na walang damdamin, lagi Niyang pinanatag ang Kanyang mga disipulo, tinustusan sila, tinulungan sila, at sinuportahan sila. Gaano man karaming gawain ang Kanyang ginawa, o gaano man katindi ang pagdurusang Kanyang tiniis, hindi Siya kailanman humiling nang labis sa mga tao, kundi lagi Siyang mapagpasensya at matiisin sa kanilang mga pagkakasala, kaya Siya magiliw na tinawag ng mga tao sa Kapanahunan ng Biyaya na “ang kaibig-ibig na Tagapagligtas na si Jesus.” Sa mga tao noong panahong iyon—sa lahat ng tao—kung ano ang mayroon si Jesus at kung ano Siya noon, ay awa at kagandahang-loob. Hindi Niya kailanman tinandaan ang mga paglabag ng mga tao, at ang Kanyang pakikitungo sa kanila ay hindi kailanman batay sa kanilang mga paglabag. Dahil ibang kapanahunan iyon, kadalasa’y nagkaloob Siya ng saganang pagkain sa mga tao upang sila ay mangabusog. Pinakitunguhan Niya ang lahat ng Kanyang tagasunod nang may kabaitan, na nagpapagaling ng mga maysakit, nagpapalayas ng mga demonyo, bumubuhay ng mga patay. Upang maniwala sa Kanya ang mga tao at makita nila na lahat ng Kanyang ginawa ay ginawa nang buong sigasig at katapatan, binuhay pa Niya ang isang naaagnas na bangkay, na ipinakikita sa kanila na sa Kanyang mga kamay, kahit ang patay ay muling mabubuhay. Sa paraang ito tahimik Siyang nagtiis at isinagawa Niya ang Kanyang gawain ng pagtubos sa kanila. Bago pa man Siya ipinako

sa krus, pinasan na ni Jesus ang mga kasalanan ng sangkatauhan at naging handog para sa kasalanan ng sangkatauhan. Bago pa man Siya ipinako sa krus, nabuksan na Niya ang daan patungo sa krus upang tubusin ang sangkatauhan. At sa huli, ipinako Siya sa krus, na isinasakripisyo ang Kanyang sarili para sa kapakanan ng krus, at ipinagkaloob Niya ang lahat ng Kanyang awa, kagandahang-loob, at kabanalan sa sangkatauhan. Palagi Siyang mapagparaya sa sangkatauhan, hindi kailanman mapaghiganti, kundi pinatawad sila sa kanilang mga kasalanan, pinayuhan silang magsisi, at tinuruan silang magpasensya, magtiis, at magmahal, sumunod sa Kanyang mga yapak at isakripisyo ang kanilang sarili alang-alang sa krus. Ang Kanyang pagmamahal para sa mga kapatid ay humigit pa sa pagmamahal Niya kay Maria. Itinuring Niyang prinsipyo sa gawaing Kanyang ginawa ang pagpapagaling sa mga maysakit at pagpapalayas ng mga demonyo, lahat para sa kapakanan ng Kanyang pagtubos. Saanman Siya pumunta, pinakitunguhan Niya nang may kabaitan ang lahat ng sumunod sa Kanya. Pinayaman Niya ang mahirap, pinalakad Niya ang pilay, binigyan Niya ng paningin ang bulag, at ng pandinig ang bingi. Inanyayahan pa Niya ang mga pinakaaba, ang mga pinakasalat, ang mga makasalanan, na saluhan Siyang kumain, at hindi Niya sila kailanman iwinaksi kundi palagi Siyang nagpapasensya, na sinasabi pang: “Kung ang isang pastol ay nawawalan ng isa sa isang daan niyang mga tupa, iiwanan niya ang siyamnapu’t siyam upang hanapin ang isang tupang nawawala, at kapag nakita niya ito ay labis siyang magagalak.” Minahal Niya ang Kanyang mga tagasunod gaya ng pagmamahal ng isang inang tupa sa kanyang mga batang tupa. Bagama’t sila ay mga hangal at mangmang, at makasalanan sa Kanyang paningin, at bukod pa ryan ay mga pinakaaba sa lipunan, itinuring Niya ang mga makasalanang ito—mga taong hinamak ng iba—na pinaka-paborito Niya. Dahil paborito Niya sila, ibinigay Niya ang Kanyang buhay para sa kanila, gaya ng isang batang tupa na inialay sa altar. Lumibot Siya sa kanila na parang alipin nila, at hinayaan silang gamitin Siya at patayin Siya, at nagpapasailalim sa kanila nang walang pasubali. Sa Kanyang mga tagasunod Siya ang kaibig-ibig na Tagapagligtas na si Jesus, ngunit sa mga Pariseo, na nagsermon sa mga tao mula sa mataas na pedestal, hindi Siya nagpakita ng awa at kagandahang-loob, kundi ng pagkasuklam at galit. Hindi Siya gumawa ng maraming gawain sa mga Pariseo, paminsan-minsan lamang Niya silang pinangaralan at sinaway; hindi Niya ginawa sa gitna nila ang gawain ng pagtubos, ni hindi Siya nagpakita ng mga tanda at himala. Ipinagkaloob Niya ang Kanyang awa at kagandahang-loob sa Kanyang mga tagasunod, na nagtitiis para sa kapakanan ng mga makasalanang ito hanggang sa kahuli-hulihan, nang Siya ay ipako sa krus, at nagdanas ng bawat kahihiyan hanggang sa lubos Niyang natubos ang buong sangkatauhan. Ito ang kabuuan ng Kanyang gawain.

Kung wala ang pagtubos ni Jesus, nabuhay na sana ang sangkatauhan sa kasalanan magpakailanman at naging mga anak ng kasalanan, mga inapo ng mga demonyo. Kung nagpatuloy ito, naging lupain na sana ni Satanas ang buong mundo, ang lupaing tirahan nito. Gayunman, ang gawain ng pagtubos ay nangailangan ng pagpapakita ng awa at

kagandahang-loob sa sangkatauhan; sa pamamagitan lamang nito maaaring tumanggap ng kapatawaran ang sangkatauhan at sa huli ay magkaroon ng karapatang magawang ganap at lubos na makamit ng Diyos. Kung wala ang yugtong ito ng gawain, hindi na sana sumulong ang anim-na-libong-taong plano ng pamamahala. Kung hindi ipinako si Jesus sa krus, kung nagpagaling lamang Siya ng mga maysakit at nagpalayas ng mga demonyo, hindi sana lubusang mapapatawad ang mga tao sa kanilang mga kasalanan. Sa tatlo't kalahating taon na ginugol ni Jesus sa paggawa ng Kanyang gawain sa lupa, natapos lamang Niya ang kalahati ng Kanyang gawain ng pagtubos; pagkatapos, sa pagpapapako sa Kanya sa krus at pagiging kawangis ng makasalanang laman, sa pagpapasa sa Kanya roon sa masamang isa, natapos Niya ang gawain ng pagpapapako sa krus at napangibabawan ang tadhana ng sangkatauhan. Pagkatapos na ibigay Siya sa mga kamay ni Satanas, saka lamang Niya natubos ang sangkatauhan. Sa loob ng tatlumpu't tatlo at kalahating taon na nagdusa Siya sa lupa, tinuya, siniraang-puri, at tinalikuran, maging hanggang sa punto na wala Siyang mahimlayan ng Kanyang ulo, walang lugar na mapagpahingahan, at kalaunan ay ipinako Siya sa krus, pati na ang Kanyang buong pagkatao—isang banal at walang-salang katawan—ay ipinako sa krus. Tiniis Niya ang lahat ng klase ng pagdurusa. Tinuya Siya at nilatigo ng mga nasa kapangyarihan, at dinuraan pa Siya ng mga sundalo sa mukha; datapuwat Siya ay nanatiling tahimik at nagtiis hanggang wakas, na sumusunod nang walang pasubali hanggang kamatayan, pagkatapos niyon ay tinubos Niya ang buong sangkatauhan. Noon lamang Siya tinulutang makapagpahinga. Ang gawaing ginawa ni Jesus ay kumakatawan lamang sa Kapanahunan ng Biyaya; hindi ito kumakatawan sa Kapanahunan ng Kautusan, ni hindi ito panghalili sa gawain ng mga huling araw. Ito ang diwa ng gawain ni Jesus sa Kapanahunan ng Biyaya, ang ikalawang kapanahunan na napagdaanan ng sangkatauhan—ang Kapanahunan ng Pagtubos.

Mga Salita para sa mga Kabataan at Matatanda

Naisagawa Ko na ang napakaraming gawain sa mundo at nakapamuhay na sa piling ng sangkatauhan nang napakaraming taon, subalit bihirang magkaroon ng kaalaman ang mga tao tungkol sa Aking larawan at Aking disposisyon, at kakaunting tao lang ang lubos na nakapagpapaliwanag sa gawaing Aking ginagawa. Napakaraming kulang sa mga tao, lagi silang kulang sa pag-unawa sa Aking ginagawa, at laging alerto ang kanilang puso na para bang matindi ang takot nila na baka ilagay Ko sila sa isa pang sitwasyon at pagkatapos ay pabayaan Ko na sila. Sa gayon, lagi silang walang sigla at masyadong maingat sa pakikitungo nila sa Akin. Ito ay dahil napunta sa kasalukuyan ang mga tao nang hindi nauunawaan ang gawaing ginagawa Ko, at lalo na, nalilito sila sa mga salitang sinasambit Ko sa kanila. Hawak nila ang Aking mga salita sa kanilang mga kamay, na hindi alam kung dapat ba silang mangakong magiging tapat sa

paniniwala sa mga ito o kung dapat ba nilang piliing huwag magpasya at kalimutan ang mga ito. Hindi nila alam kung dapat ba nilang isagawa ang mga ito, o kung hihintayin nila kung ano ang mangyayari, kung dapat ba nilang isantabi ang lahat at matapang na sumunod, o patuloy na kaibiganin ang mundo tulad ng dati. Napakakumplikado ng mga takbo ng isip ng mga tao, at napakatuso nila. Dahil hindi malinaw o lubos na maunawaan ng mga tao ang Aking mga salita, marami sa kanila ang nahihirapang isagawa ang mga iyon at nahihirapang ialay ang kanilang puso sa Aking harapan. Lubos Kong nauunawaan ang inyong mga paghihirap. Maraming kahinaan ang hindi maiiwasan kapag nabubuhay sa laman, at maraming bagay na walang kinikilingan ang lumilikha ng mga paghihirap para sa inyo. Pinapakain niyo ang inyong pamilya, maghapon kayong nagpapakasipag, at lumilipas ang mga buwan at taon sa paghihirap. Maraming paghihirap sa pamumuhay sa laman—hindi Ko ito ikinakaila, at siyempre ang mga ipinagagawa Ko sa inyo ay alinsunod sa inyong mga paghihirap. Ang mga kinakailangan Ko sa gawaing Aking ginagawa ay pawang nakabatay sa inyong aktuwal na tayog. Marahil dati, ang mga kinakailangan sa inyo ng mga tao sa kanilang gawain ay may halong mga elemento ng kalabisan, ngunit dapat ninyong malaman na hindi Ko kayo kailanman pinagawa nang sobra-sobra sa Aking sinasabi at ginagawa. Lahat ng kinakailangan ay batay sa kalikasan, laman, at pangangailangan ng mga tao. Dapat ninyong malaman, at masasabi Ko sa inyo nang napakalinaw, na hindi Ko sinasalungat ang ilang makatwirang paraan ng pag-iisip ng mga tao, at hindi Ko sinasalungat ang angking kalikasan ng sangkatauhan. Dahil lamang hindi nauunawaan ng mga tao kung ano talaga ang mga pamantayang itinakda Ko sa kanila, ni hindi nila nauunawaan ang orihinal na kahulugan ng Aking mga salita, na hindi pa rin gaanong pinaniniwalaan ng mga tao ang Aking mga salita hanggang ngayon, at wala pa sa kalahati ng mga tao ang naniniwala sa Aking mga salita. Ang nalalabi ay mga walang pananampalataya, at lalo na yaong mga gustong marinig Akong “magkuwento.” Bukod dito, maraming natutuwang panoorin ito. Binabalaan Ko kayo: Marami sa Aking mga salita ang nabuksan na sa mga naniniwala sa Akin, at yaong mga nagtatamasang tingnan ang magandang tanawin ng kaharian ngunit napagsarhan ng tarangkahan nito ay inalis Ko na. Hindi ba masasamang damo lamang kayo na kinasuklaman at tinanggihan Ko? Paano ninyo naatim na masdan ang pag-alis Ko at pagkatapos ay masayang salubungin ang Aking pagbalik? Sinasabi Ko sa inyo, matapos marinig ng mga tao sa Ninive ang galit na mga salita ni Jehova, agad silang nagsisi na nakadamit ng kayong magaspang na may mga abo. Dahil naniwala sila sa Kanyang mga salita kung kaya sila puno ng takot at pangamba at sa gayon ay nagsisi suot ang kayong magaspang na may mga abo. Patungkol sa mga tao sa panahong ito, bagama’t naniniwala rin kayo sa Aking mga salita at higit pa ryan, naniniwala kayo na muling naparito si Jehova sa gitna ninyo ngayon, puro kawalang-pitagan ang inyong pag-uugali, na para bang inoobserbahan lang ninyo si Jesus na isinilang sa Judea libu-libong taon na ang nakalilipas at bumaba na ngayon sa gitna ninyo. Lubos Kong nauunawaan ang panlilinlang na umiiral sa inyong puso; sumusunod sa Akin ang karamihan sa inyo para

mag-usisa at naparito upang hanapin Ako dahil sa kahungkagan. Kapag hindi ninyo natamo ang inyong ikatlong kahilingan—ang kahilingan ninyo para sa isang mapayapa at masayang buhay—napapawi rin ang inyong pag-uusisa. Nalalantad ang panlilinlang na umiiral sa puso ng bawat isa sa inyo sa pamamagitan ng inyong mga salita at gawa. Sa deretsahang pagsasalita, nag-uusisa lamang kayo tungkol sa Akin, ngunit hindi kayo natatakot sa Akin; hindi kayo nag-iingat sa inyong pananalita, at lalo nang hindi niyo kinokontrol ang inyong pag-uugali. Kung gayon ay anong klase ba talaga ang inyong pananampalataya? Tunay ba iyon? Ginagamit lamang ninyo ang Aking mga salita para mawala ang inyong mga pag-aalala at mabawasan ang inyong pagkabagot, para punan ang natitirang kahungkagan sa buhay mo. Sino sa inyo ang nagsagawa na ng Aking mga salita? Sino ang may tunay na pananampalataya? Patuloy ninyong isinisigaw na ang Diyos ay isang Diyos na nakikita ang kaibuturan ng puso ng mga tao, ngunit paano naging tugma sa Akin ang Diyos na inyong ipinagsisigawan sa puso ninyo? Dahil sumisigaw kayo nang ganito, bakit ganyan kayong kumilos? Maaari kayang ito ang pagmamahal na nais ninyong isukli sa Akin? Hindi kakatiting ang dedikasyon sa inyong mga labi, ngunit nasaan ang inyong mga sakripisyo, at ang inyong mabubuting gawa? Kung hindi dahil sa inyong mga salita na nakararating sa Aking mga tainga, paano Ko kayo labis na kamumuhian? Kung tunay kayong naniwala sa Akin, paano kayo naging ganyan kabalisa? May lumbay sa inyong mukha na para bang kayo ay nililitis sa Hades. Wala kayo ni katiting na sigla, at mahina kayong magsalita tungkol sa tinig sa inyong kalooban; puno pa nga kayo ng mga reklamo at sumpa. Matagal na kayong nawalan ng pananampalataya sa Aking ginagawa at naglaho na maging ang inyong orihinal na pananampalataya, kaya paano kayo posibleng makakasunod hanggang sa huli? Dahil dito, paano kayo maliligtas?

Bagama't malaking tulong sa inyo ang Aking gawain, ang Aking mga salita ay laging hindi ninyo napapansin at balewala sa inyo. Mahirap makahanap ng mga bagay na gagawin Kong perpekto, at ngayon ay muntik na Akong mawalan ng pag-asa sa inyo. Ilang taon na Akong naghanap sa gitna ninyo, ngunit mahirap makahanap ng isang maaari Kong pagtapatan. Pakiramdam Ko parang wala Akong tiwala na patuloy na gumawa sa inyo, at wala na Akong pagmamahal na magagamit para patuloy pa kayong mahalin. Dahil ito sa matagal na Akong nasusuklam sa inyong “mga nakamit,” na napakaliit at kahabag-habag; para bang hindi pa Ako kailanman nakapangusap at nakagawa sa inyo. Masyadong nakakasuka ang inyong mga nakamit. Lagi ninyong sinisira at pinahihiya ang inyong sarili, at halos wala kayong halaga. Nahihirapan Akong makahanap ng wangis ng isang tao sa inyo, ni hindi Ko maamoy ang samyo ng isang tao. Nasaan ang inyong sariwang amoy? Nasaan ang halagang ibinayad ninyo sa loob ng maraming taon, at nasaan ang mga resulta? Wala pa ba kayong nakitang anuman kailanman? Ang Aking gawain ngayon ay may bagong panimula, isang bagong simula. Isasagawa Ko ang Aking mga dakilang plano at nais Kong magsakatuparan ng mas dakila pang gawain, subalit nakalublob pa rin kayo sa putik gaya ng dati, nabubuhay sa maruruming tubig ng

nakaraan, at halos hindi ninyo mapalaya ang inyong sarili mula sa inyong orihinal na masamang kalagayan. Kung gayon, wala pa rin kayong natamong anuman mula sa Aking mga salita. Hindi pa rin ninyo napapalaya ang inyong sarili mula sa orihinal na lugar ninyo na putikan at maruming tubig, at ang alam lamang ninyo ay ang Aking mga salita, ngunit sa katunayan hindi pa kayo nakapasok sa daigdig ng kalayaan ng Aking mga salita, kaya hindi pa kailanman nabuksan ang Aking mga salita sa inyo; para silang isang aklat ng propesiya na libu-libong taon nang selyado. Nagpapakita Ako sa inyo sa inyong buhay ngunit palaging hindi ninyo iyon namamalayan. Ni hindi ninyo Ako nakikilala. Halos kalahati ng mga salitang Aking sinasabi ay para hatulan kayo, at kalahati lamang ng nararapat ang nagiging epekto nito, na magkintal ng labis na takot sa inyong kalooban. Ang natitirang kalahati ay binubuo ng mga salita upang turuan kayo tungkol sa buhay at kung paano kayo kikilos. Gayunman, mukhang pagdating sa inyo ay hindi man lang umiiral ang mga salitang ito, o parang nakikinig kayo sa mga salita ng mga bata, mga salitang lagi ninyong pinakikitaan ng tagong ngiti, ngunit hindi ninyo ginagawa kailanman. Hindi kayo nag-alala kailanman tungkol sa mga bagay na ito; palaging dahil lang talaga gusto ninyong mag-usisa kaya ninyo inobserbahan ang Aking mga kilos, kaya ngayon ay nasadlak na kayo sa kadiliman at hindi ninyo makita ang liwanag, kaya nga nakakaawa ang iyak ninyo sa dilim. Ang nais Ko ay ang inyong pagsunod, ang inyong walang-kundisyong pagsunod, at higit pa riyan, hinihingi Kong ganap kayong maging tiyak sa lahat ng sinasabi Ko. Hindi kayo dapat magpabaya at lalo nang hindi kayo dapat mamili sa mga bagay na sinasabi Ko, ni ipagwalang-bahala ang Aking mga salita at Aking gawain, gayundin ang inyong ugali. Isinasagawa ang Aking gawain sa gitna ninyo at napakarami sa Aking mga salita ang naipagkaloob Ko na sa inyo, ngunit kung tatratuhin ninyo Ako nang ganito, maibibigay Ko na lamang sa mga pamilyang Hentil yaong hindi ninyo natamo o naisagawa. Sino sa lahat ng nilikha ang hindi Ko hawak sa Aking mga kamay? Karamihan sa inyo ay “matatanda na,” at wala kayong lakas na tanggapin ang klaseng ito ng Aking gawain. Para kayong isang ibong Hanhao,^a na bahagya lamang nakakaraos sa buhay, at hindi ninyo sineryoso kailanman ang Aking mga salita. Ang mga kabataan ay masyadong hambog at mapagmalabis at lalong hindi inaalintana ang Aking gawain. Wala silang interes na magpakabusog sa masasarap na pagkain sa Aking piging; para silang isang munting ibon na nakalipad palabas ng kulungan nito upang makipagsapalaran sa malayo. Paano makakatulong sa Akin ang ganitong klaseng mga kabataan at matatanda? Yaong matatanda na ay handang gamitin ang Aking mga salita bilang isang sustento hanggang sa mailibing sila, para pagkamatay nila ay makakaakyat ang kanilang kaluluwa sa langit, at sapat

^a Ang kuwento ng ibong Hanhao ay labis na kapareho ng pabula ni Aesop tungkol sa langgam at tipaklong. Pinili ng ibong Hanhao na matulog sa halip na gumawa ng isang pugad habang ang panahon ay mainit, sa kabila ng paulit-ulit na mga babala mula sa kanyang kapitbahay, na isang magpie. Nang dumating ang taglamig, ang ibon ay nanigas sa lamig hanggang mamatay.

na ito para sa kanila. Palaging may “mga dakilang hangarin” at “matatag na tiwala” ang matatandang ito. Kahit malaki ang pagtitiyaga nila para sa Aking gawain at taglay nila ang kalidad ng matatanda na pagiging matuwid at matigas, na ayaw makaladkad palayo o matalo ng sinuman o ng anuman—tunay ngang sila ay parang mga kutang hindi mapapasok—ngunit hindi ba nababalot ng masasamang pamahiin ang pananampalataya ng mga taong ito? Nasaan ang kanilang landas? Para sa kanila, hindi ba napakahaba at napakalayo ng kanilang landas? Paano nila malalaman ang Aking kalooban? Kahit kapuri-puri ang kanilang tiwala, ilan sa matatandang ito ang hindi sumusunod nang nalilito, ngunit talagang naghahangad ng buhay? Ilan ang tunay na nakauunawa sa tunay na kabuluhan ng Aking gawain? Kaninong mithiin ang huwag Akong sundan sa mundong ito ngayon para hindi sila bumaba sa Hades sa nalalapit na hinaharap kundi madala Ko sa isa pang lupain? Palagay ba ninyo napakasimpleng bagay ang inyong hantungan? Bagama’t parang mga batang leon kayong lahat na kabataan, bihira kayong magkaroon ng tunay na daan sa inyong puso. Ang inyong kabataan ay hindi kayo binibigyan ng karapatan na makamtan ang iba pa sa Aking gawain; bagkus, lagi ninyong pinupukaw ang Aking pagkasuklam sa inyo. Kahit bata pa kayo, wala kayong sigla o kaya nama’y wala kayong ambisyon, at lagi kayong umiiwas tungkol sa inyong kinabukasan; parang balewala iyon sa inyo at nabubugnot kayo. Masasabi na ang sigla, mga mithiin, at paninindigang dapat matagpuan sa mga kabataan, ay talagang hindi matagpuan sa inyo; kayo, na ganitong klaseng kabataan, ay walang paninindigan at walang kakayahang tukuyin kung alin ang tama at mali, mabuti at masama, maganda at pangit. Imposibleng makahanap ng anumang mga elemento ninyo na sariwa. Halos makaluma kayong lahat, at kayo, na ganitong klaseng kabataan, ay natuto ring sumunod sa agos, na maging di-makatwiran. Hindi ninyo malinaw na natutukoy kailanman ang tama sa mali, hindi ninyo nakikita ang pagkakaiba sa pagitan ng tunay at huwad, hindi kayo nagsusumikap kailanman na maging mahusay, ni hindi ninyo kayang masabi kung ano ang tama at ano ang mali, ano ang katotohanan at ano ang pagpapaimbabaw. Mas mabigat at mas matindi ang amoy ng relihiyon sa inyo kaysa sa matatanda. Mayayabang pa kayo at wala sa katwiran, nakikipagpaligsahan kayo, at napakatindi ng hilig ninyong mang-away—paano magtataglay ng katotohanan ang ganitong klaseng kabataan? Paano maaaring tumayong saksi ang isang taong hindi kayang manindigan? Paano matatawag na kabataan ang isang taong walang kakayahang matukoy ang kaibahan sa pagitan ng tama at mali? Paano matatawag na tagasunod Ko ang isang taong walang sigla, lakas, kasariwaan, kahinahunan, at katatagan ng isang kabataan? Paano magiging karapat-dapat na maging saksi Ko ang isang taong walang taglay na katotohanan, walang pagkaunawa sa katarungan, ngunit mahilig makipaglaro at makipaglaban? Ang mga matang puno ng panlilinlang at pagkiling sa iba ay mga bagay na hindi dapat taglayin ng mga kabataan, at hindi dapat magsagawa ang mga kabataan ng mapanira at kasuklam-suklam na mga gawain. Hindi sila dapat mawalan ng mithiin, hangarin, at masigasig na pagnanasang pagbutihin ang sarili nila; hindi sila

dapat panghinaan ng loob tungkol sa kanilang mga pag-asam, at ni hindi sila dapat mawalan ng pag-asa sa buhay o ng tiwala sa hinaharap; dapat silang magtiyagang magpatuloy sa daan ng katotohanan na pinili na nila ngayon—upang matanto ang kanilang naising gugulin ang kanilang buong buhay para sa Akin. Hindi sila dapat mawalan ng katotohanan, ni hindi sila dapat maging mapagpaimbabaw at makasalanang—dapat silang maging matatag sa wastong paninindigan. Hindi sila dapat magpatangay na lamang, kundi dapat silang magkaroon ng espiritung may tapang na magsakripisyo at makibaka para sa katarungan at katotohanan. Ang mga kabataan ay dapat magkaroon ng katapangang huwag sumuko sa pang-aapi ng mga puwersa ng kadiliman at baguhin ang kabuluhan ng kanilang pag-iral. Hindi dapat isuko ng mga kabataan ang kanilang sarili sa paghihirap, kundi dapat silang maging bukas at prangka, at mapagpatawad sa kanilang mga kapatid. Siyempre, ito ang mga hinihingi Ko sa lahat, at ang Aking payo sa lahat. Ngunit higit pa ryan, ito ang Aking mga salitang magpapaginhawa sa lahat ng kabataan. Dapat kayong magsagawa ayon sa Aking mga salita. Lalo na, hindi dapat mawalan ng paninindigan ang mga kabataan na gamitin ang pagkakilala sa mga isyu at maghanap ng katarungan at katotohanan. Dapat ninyong hangarin ang lahat ng bagay na maganda at mabuti, at dapat ninyong matamo ang realidad ng lahat ng positibong bagay. Dapat kayong maging responsable sa inyong buhay, at huwag ninyong maliitin ito. Pumaparito sa lupa ang mga tao at bihira Akong makatagpo, at bihira ding magkaroon ng oportunidad na hanapin at matamo ang katotohanan. Bakit hindi ninyo pahalagahan ang magandang pagkakataong ito bilang tamang landas na tatahakin sa buhay na ito? At bakit ninyo binabalewala palagi ang katotohanan at katarungan? Bakit ninyo palaging niyuyurakan at sinisira ang inyong sarili para sa kasamaan at karumihang nilalaro ang mga tao? At bakit kayo kumikilos na katulad ng matatandang iyon na nakikisali sa ginagawa ng masasama? Bakit ninyo ginagaya ang mga lumang paraan ng mga lumang bagay? Dapat mapuno ng katarungan, katotohanan, at kabanalan ang inyong buhay; hindi dapat maging ubod ng sama ang inyong buhay sa napakamurang edad, na maghahantong sa inyo na masadlak sa Hades. Hindi ba ninyo nadarama na ito ay magiging isang kakila-kilabot na kasawian? Hindi ba ninyo nadarama na magiging lubha itong hindi makatarungan para sa inyo?

Dapat ninyong gawing lahat ang lubos na perpektong gawain ninyo at isakripisyo ito sa Aking altar, at gawin itong talagang natatanging sakripisyo, na ibinibigay ninyo sa Akin. Dapat kayong maging matatag na lahat sa inyong sariling paninindigan at huwag patangay sa bawat nagdaraang ihip ng hangin na gaya ng mga ulap sa himpapawid. Nagtatrabaho kayo nang husto sa kalahati ng inyong buhay, kaya bakit hindi ninyo hahanapin ang hantungang nararapat sa inyo? Nagpapakahirap kayo sa kalahati ng inyong buong buhay, subalit hinahayaan ninyo ang inyong parang baboy at asong mga magulang na tangayin sa libingan ang katotohanan at kabuluhan ng inyong personal na pag-iral. Palagay mo ba hindi ito malaking kawalan ng katarungan laban sa iyo? Hindi mo ba nadarama na lubos na walang kahulugan ang ganitong klaseng pamumuhay?

Ang paghahanap sa katotohanan at sa tamang landas sa ganitong paraan ay maghahatid ng mga problema kaya nababalisa ang mga kapitbahay at nalulungkot ang buong pamilya, at hahantong ito sa nakamamatay na mga sakuna. Kung ganito ang iyong pamumuhay, hindi ba katumbas ito ng isang buhay na napakawalang-kahulugan? Kaninong buhay ang maaaring mas masuwerte kaysa sa iyo, at kaninong buhay ang maaaring mas katawa-tawa kaysa sa iyo? Hindi mo ba Ako hinahanap para matamo ang Aking kagalakan at mga salita ng kaginhawahan para sa iyo? Ngunit matapos kang magpaikut-ikot nang halos kalahati ng iyong buong buhay, ginagalit mo Ako hanggang sa mapuno na Ako ng galit at hindi na kita iniisip o pinupuri—hindi ba ito nangangahulugan na nawalan ng kabuluhan ang iyong buong buhay? Paano mo naatim na tingnan ang mga kaluluwa ng mga banal na iyon sa nagdaang mga kapanahunan na napalaya na mula sa purgatoryo? Binabalewala mo Ako at sa huli ay pinupukaw mo ang isang nakamamatay na sakuna—mas mabuti pang samantalain ang oportunidad na ito at masayang maglayag patawid ng malawak na karagatan at pagkatapos ay sundin ang Aking “ipinagagawa.” Sinabi Ko na sa inyo noon pa na ikaw ngayon, na nagwawalang-bahala subalit ayaw umalis, ay pasasailalim at lalamunin sa huli ng mga alon na nilikha Ko. Kaya ba ninyo talagang protektahan ang inyong sarili? May tiwala ka ba talaga na matitiyak ng iyong kasalukuyang pamamaraan ng pagsisikap na magagawa kang perpekto? Hindi ba napakatigas ng puso mo? Ang ganitong klaseng pagsunod, ganitong klaseng pagsisikap, ganitong klaseng buhay, at ganitong klaseng pagkatao—paano nito matatamo ang Aking papuri?

Dapat Mong Malaman Kung Paano Umunlad ang Buong Sangkatauhan Hanggang sa Kasalukuyang Araw

Ang kabuuan ng gawaing isinagawa sa loob ng anim na libong taon ay unti-unti nang nagbago habang nagdaraan ang iba’t ibang panahon. Ang mga pagbabago sa gawaing ito ay naging batay sa kabuuang sitwasyon ng mundo at sa kalakaran sa pag-unlad ng sangkatauhan sa kabuuan; ang gawain ng pamamahala ay unti-unti lamang nagbago alinsunod dito. Hindi ito nakaplanong lahat mula sa simula ng paglikha. Bago nilikha ang mundo, o matapos itong likhain, hindi pa naiplano ni Jehova ang unang yugto ng gawain, ng kautusan; ang pangalawang yugto ng gawain, ng biyaya; o ang pangatlong yugto ng gawain, ang panlulupig, kung saan magsisimula muna Siya sa ilan sa mga inapo ni Moab, at sa pamamagitan nito ay lulupigin Niya ang buong sansinukob. Matapos likhain ang mundo, hindi Niya sinambit kailanman ang mga salitang ito, ni hindi Niya sinambit ang mga ito pagkatapos Niya kay Moab; tunay nga, bago kay Lot, hindi Niya binigkas ang mga ito. Lahat ng gawain ng Diyos ay ginagawa nang kusang-loob. Ganito mismo nabuo ang Kanyang buong anim-na-libong-taong gawain ng pamamahala; hindi Niya

isinulat ang gayong plano sa anumang paraan, bago nilikha ang mundo, sa hitsura ng isang bagay na katulad ng “Buong Tsart para sa Pag-unlad ng Sangkatauhan.” Sa gawain ng Diyos, tuwiran Niyang ipinapahayag kung ano Siya; hindi Niya pinahihirapan ang utak Niya sa pagbubuo ng isang plano. Mangyari pa, medyo may ilang propetang nagpahayag ng napakaraming propesiya, ngunit hindi pa rin masasabi na ang gawain ng Diyos ay laging may tumpak na pagpapalano; ang mga propesiyang iyon ay ginawa ayon sa gawain ng Diyos noon. Lahat ng gawaing Kanyang ginagawa ay ang pinaka-aktwal na gawain. Isinasagawa Niya iyon alinsunod sa pag-unlad ng bawat panahon, at ibinabatay iyon sa kung paano nagbabago ang mga bagay-bagay. Para sa Kanya, ang pagsasagawa ng gawain ay tulad ng pag-aakma ng gamot sa karamdaman; habang ginagawa ang Kanyang gawain, Siya ay nagmamasid, at ipinagpapatuloy Niya ang Kanyang gawain ayon sa Kanyang mga namasdan. Sa bawat yugto ng Kanyang gawain, may kakayahan ang Diyos na ipakita ang Kanyang sapat na karunungan at kakayahan; ipinapakita Niya ang Kanyang saganang karunungan at awtoridad ayon sa gawain ng anumang partikular na kapanahunan, at tinutulutan ang lahat ng taong iyon na Kanyang ibinalik sa kapanahunang iyon upang makita ang Kanyang buong disposisyon. Tinutustusan Niya ang mga pangangailangan ng mga tao alinsunod sa gawaing kailangang gawin sa bawat kapanahunan, ginagawa ang anumang gawaing dapat Niyang gawin. Tinutustusan Niya ang mga pangangailangan ng mga tao batay sa antas na nagawa silang tiwali ni Satanas. Katulad ito ng paraan, nang unang likhain ni Jehova sina Adan at Eba, kung paano Niya iyon ginawa upang maipakita nila ang Diyos sa ibabaw ng lupa at upang makapagbahagi sila ng patotoo sa mga nilikha. Gayunman, nagkasala si Eba matapos tuksuhin ng ahas, at gayundin ang ginawa ni Adan; sa halamanan, pareho nilang kinain ang bunga ng puno ng kaalaman tungkol sa mabuti at masama. Sa gayon, nagkaroon ng karagdagang gawain si Jehova na isasagawa sa kanila. Nang makita ang kanilang kahubaran, tinakpan Niya ang kanilang katawan ng damit na yari sa mga balat ng hayop. Pagkatapos nito, sinabi Niya kay Adan, “Sapagkat iyong dininig ang tinig ng iyong asawa, at kumain ka ng bunga ng punong kahoy na Aking iniutos sa iyo na sinabi, ‘Huwag kang kakain niyaon;’ sumpain ang lupa dahil sa iyo ... hanggang sa ikaw ay mauwi sa lupa; sapagkat diyan ka kinuha: sapagkat ikaw ay alabok at sa alabok ka uuwi.” Sinabi Niya sa babae, “Pararamihin Kong lubha ang iyong kalumbayan at ang iyong paglilihi; manganganak kang may kahirapan; at ang iyong pagnanais ay magiging sa iyong asawa, at siya ang mamamahala sa iyo.” Mula noon, pinalayas Niya sila mula sa Halamanan ng Eden at hinayaan silang mamuhay sa labas nito, tulad ng pamumuhay ngayon ng makabagong tao sa ibabaw ng lupa. Nang likhain ng Diyos ang tao sa pinakasimula, wala Siyang planong hayaan ang tao na tuksuhin ng ahas matapos siyang likhain at pagkatapos ay isumpa ang tao at ang ahas. Wala talaga Siyang ganitong plano; ganoon lamang talaga ang nangyari na nagbigay sa Kanya ng bagong gawaing gagawin sa Kanyang mga nilikha. Matapos maisagawa ni Jehova ang gawaing ito kina Adan at Eba sa ibabaw ng lupa, patuloy na umunlad ang sangkatauhan

sa loob ng ilang libong taon, hanggang sa “nakita ni Jehova na mabigat ang kasamaan ng tao sa lupa, at ang buong haka ng mga pag-iisip ng kanilang puso ay pawang masama lamang na parati. At nagsisi si Jehova na Kanyang nilalang ang tao sa lupa, at nalumbay sa Kanyang puso. ... Datapuwat si Noe ay nakasumpong ng biyaya sa mga mata ni Jehova.” Sa panahong ito nagkaroon ng mas maraming bagong gawaing gagawin si Jehova, sapagkat ang sangkatauhan na Kanyang nilikha ay naging masyadong makasalanan matapos tuksuhin ng ahas. Dahil sa sitwasyong ito, sa buong sangkatauhan, piniling kaawaan ni Jehova ang pamilya ni Noe, at pagkatapos ay isinagawa Niya ang Kanyang gawaing wasakin ang mundo sa pamamagitan ng isang baha. Patuloy na umunlad ang sangkatauhan sa ganitong paraan hanggang sa araw na ito mismo, na lalong nagiging tiwali, at pagdating ng panahon na makarating ang pag-unlad ng tao sa rurok nito, mangangahulugan ito ng katapusan ng sangkatauhan. Mula sa pinakasimula hanggang sa katapusan ng mundo, ganito na at lalaging ganito ang katotohanan sa loob ng Kanyang gawain. Kapareho ito ng paraan kung paano igugrupo ang mga tao ayon sa kanilang uri; malayo ito sa nangyari na bawat isang tao ay itinalaga noon pa man na mabilang sa isang tiyak na kategorya; sa halip, lahat ay unti-unting iginugrupo lamang matapos sumailalim sa isang proseso ng pag-unlad. Sa katapusan, sinumang hindi madala sa ganap na kaligtasan ay ibabalik sa kanilang “mga ninuno.” Walang isa man sa gawain ng Diyos sa sangkatauhan ang naihanda na nang likhain ang mundo; sa halip, ang pag-unlad ng mga bagay-bagay ang nagtulot sa Diyos na isagawa ang Kanyang gawain sa sangkatauhan sa paisa-isang hakbang at sa mas makatotohanan at praktikal na paraan. Halimbawa, hindi nilikha ng Diyos na si Jehova ang ahas upang tuksuhin ang babae; hindi iyon ang partikular Niyang plano, ni hindi iyon isang bagay na sadya Niyang itinalaga. Masasabi ng isang tao na isang pangyayari ito na hindi inaasahan. Sa gayon, ito ang dahilan kaya pinalayas ni Jehova sina Adan at Eba mula sa Halamanan ng Eden at isinumpa na hindi na Siya muling lilikha ng tao kailanman. Gayunman, natutuklasan lamang ng mga tao ang karunungan ng Diyos ayon sa pundasyong ito. Katulad lamang ito ng sinabi Ko kanina: “Ginagamit Ko ang Aking karunungan batay sa mga pakana ni Satanas.” Paano man tumitindi ang katiwalian ng sangkatauhan o paano sila tinutukso ng ahas, mayroon pa ring karunungan si Jehova; sa gayon, naging abala na Siya sa bagong gawain mula nang likhain Niya ang mundo, at wala sa mga hakbang ng gawaing ito ang naulit kailanman. Patuloy na ginagawa ni Satanas ang kanyang mga pakana, palagi nang ginagawang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan, at walang tigil na isinasagawa ng Diyos na si Jehova ang Kanyang matalinong gawain. Hindi Siya nabigo kailanman, ni hindi Siya tumigil sa paggawa kailanman, mula nang likhain ang mundo. Matapos magawang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan, patuloy na Siyang gumagawa sa kanila upang talunin ito, ang kaaway na pinagmulan ng kanilang katiwalian. Ang labanang ito ay nanalanta na sa simula pa lamang, at magpapatuloy hanggang sa katapusan ng mundo. Sa paggawa ng lahat ng gawaing ito, hindi lamang tinulutan ng Diyos na si Jehova ang mga tao, na nagawang

tiwali ni Satanas, na matanggap ang Kanyang dakilang pagliligtas, kundi tinulutan din silang makita ang Kanyang karunungan, pagiging makapangyarihan sa lahat, at awtoridad. Bukod dito, sa huli, hahayaan Niyang makita nila ang Kanyang matuwid na disposisyon—na pinarurusahan ang masasama at ginagantimpalaan ang mabubuti. Nilabanan na Niya si Satanas hanggang sa araw na ito at hindi Siya natalo kailanman. Ito ay dahil Siya ay isang matalinong Diyos, at ginagamit Niya ang Kanyang karunungan batay sa mga pakana ni Satanas. Samakatuwid, hindi lamang ginagawa ng Diyos ang lahat ng nasa langit na magpasakop sa Kanyang awtoridad, kundi napanatili rin Niya ang lahat ng nasa ibabaw ng lupa sa Kanyang paanan at, partikular na, isinasailalim Niya ang masasama na nanghihimasok at nanggugulo sa sangkatauhan sa Kanyang pagkastigo. Ang mga resulta ng lahat ng gawaing ito ay nakamtan dahil sa Kanyang karunungan. Hindi Niya naipakita kailanman ang Kanyang karunungan bago umiral ang sangkatauhan, sapagkat wala Siyang mga kaaway sa langit, sa ibabaw ng lupa, o saanman sa buong sansinukob, at walang mga puwersa ng kadiliman na nanghihimasok sa anuman sa kalikasan. Matapos Siyang ipagkanulo ng arkangel, nilikha Niya ang sangkatauhan sa ibabaw ng lupa, at dahil sa sangkatauhan kaya Niya pormal na sinimulan ang Kanyang isang-libong-taong pakikidigma kay Satanas, ang arkangel—isang digmaang lalong umiigting sa bawat sumunod na yugto. Naroon ang Kanyang pagiging makapangyarihan sa lahat at karunungan sa bawat isa sa mga yugtong ito. Saka lamang nasaksihan ng lahat ng nasa langit at nasa ibabaw ng lupa ang karunungan, pagiging makapangyarihan sa lahat, at, lalo na, ang realidad ng Diyos. Isinasagawa pa rin Niya ang gawain sa ganito ring makatotohanang paraan hanggang sa araw na ito; dagdag pa rito, habang isinasagawa Niya ang Kanyang gawain, ipinapakita rin Niya ang Kanyang karunungan at pagiging makapangyarihan sa lahat. Tinutulutan Niya kayong makita ang katotohanan sa loob ng bawat yugto ng gawain, makita kung paano talaga ipaliwanag ang pagiging makapangyarihan sa lahat ng Diyos, at, bukod dito, makita ang isang tiyak na paliwanag tungkol sa realidad ng Diyos.

Tungkol sa pagkakanulo ni Hudas kay Jesus, iniisip ng ilang tao: Hindi ba itinakda na ito bago pa nilikha ang mundo? Ang totoo, pinlano ito ng Banal na Espiritu batay sa realidad ng panahon. Nangyari lamang na may isang taong nagngangalang Hudas na palaging naglulustay ng pondo, kaya pinili ang taong ito upang gumanap sa papel na ito at magsilbi sa ganitong paraan. Ito ang tunay na halimbawa ng paggamit ng lokal na mapagkukunan. Walang kaalam-alam si Jesus tungkol dito noong una; nalaman lamang Niya iyon kalaunan, matapos mailantad si Hudas. Kung may iba pa sanang makakaganap sa papel na ito, nagawa sana ito ng taong iyon sa halip na si Hudas. Yaong naitalaga noon pa man, sa katunayan, ay isang bagay na ginawa ng Banal na Espiritu sa sandaling iyon. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay palaging ginagawa nang kusang-loob; maipaplano Niya ang Kanyang gawain anumang oras, at maisasagawa ito anumang oras. Bakit Ko ba palaging sinasabi na ang gawain ng Banal na Espiritu ay makatotohanan, at na ito ay palaging bago, hindi kailanman luma, at palaging napakasariwa? Ang Kanyang

gawain ay hindi pa naiplano bago nilikha ang mundo; hindi talaga ganoon ang nangyari! Bawat hakbang ng gawain ay natatamo ang tamang epekto nito para sa nauukol na panahon, at ang mga hakbang ay hindi nakakagambala sa isa't isa. Sa maraming pagkakataon, ang mga planong maaaring nasa isip mo ay hindi talaga mapapantayan ang pinakabagong gawain ng Banal na Espiritu. Ang Kanyang gawain ay hindi kasing-simple ng ikinakatwiran ng tao, ni hindi ito kasing-kumplikado ng iniisip ng tao—ito ay binubuo ng pagtustos sa mga tao anumang oras at saanmang lugar alinsunod sa kanilang mga pangangailangan nang panahong iyon. Walang sinumang mas nalilinawan tungkol sa kakanyahan ng mga tao kaysa sa Kanya, at dahil mismo rito kaya walang umaangkop sa makatotohanang mga pangangailangan ng mga tao na katulad ng Kanyang gawain. Samakatuwid, mula sa pananaw ng isang tao, tila napagplanuhan ang Kanyang gawain nang maaga nang ilang libong taon. Habang Siya ay gumagawa sa inyo ngayon, samantalang gumagawa at nagsasalita habang minamasdan ang inyong mga kalagayan, mayroon Siyang tamang mga salitang sasabihin kapag nasagupa Niya ang bawat isang uri ng kalagayan, na sumasambit ng mga salitang kailangan mismo ng mga tao. Kunin ang unang hakbang ng Kanyang gawain: ang panahon ng pagkastigo. Pagkatapos niyan, isinagawa ng Diyos ang Kanyang gawain batay sa kung ano ang ipinamalas ng mga tao, ang kanilang paghihimagsik, ang mga positibong kalagayan na lumitaw mula sa kanila at ang mga negatibong kalagayan, gayundin ang pinakamababang limitasyon na maaaring kabagsakan ng mga tao kapag umabot sa isang partikular na punto ang mga negatibong kalagayang iyon; at sinamantala Niya ang mga bagay na ito upang magkamit ng mas magandang resulta mula sa Kanyang gawain. Ibig sabihin, gumagawa Siya ng pantulong na gawain sa mga tao batay sa anumang kasalukuyan nilang kalagayan sa anumang oras; isinasagawa Niya ang bawat hakbang ng Kanyang gawain ayon sa aktwal na mga kalagayan ng mga tao. Lahat ng nilikha ay nasa Kanyang mga kamay; paanong hindi Niya sila makikilala? Isinasagawa ng Diyos ang susunod na hakbang ng gawain na dapat gawin, anumang oras at saanmang lugar, alinsunod sa mga kalagayan ng mga tao. Hindi ipinlano ang gawaing ito sa anumang paraan nang maaga nang libu-libong taon; iyan ay isang kuru-kuro ng tao! Gumagawa Siya habang inoobserbahan ang mga epekto ng Kanyang gawain, at patuloy na lumalalim at umuunlad ang Kanyang gawain; sa bawat pagkakataon, matapos obserbahan ang mga resulta ng Kanyang gawain, ipinatutupad Niya ang susunod na hakbang ng Kanyang gawain. Gumagamit Siya ng maraming bagay upang unti-unting lumipat at ipakita sa mga tao ang Kanyang bagong gawain sa paglipas ng panahon. Ang ganitong paraan ng paggawa ay maaaring makatustos sa mga pangangailangan ng mga tao, sapagkat kilalang-kilala ng Diyos ang mga tao. Ganito Niya isinasagawa ang Kanyang gawain mula sa langit. Gayundin, ginagawa ng Diyos na nagkatawang-tao ang Kanyang gawain sa parehong paraan, na gumagawa ng mga pagsasaayos at gumagawa sa gitna ng mga tao ayon sa aktwal na mga sitwasyon. Walang isa man sa Kanyang mga gawain ang naiplano bago nilikha ang mundo, ni masusing naiplano nang maaga. Dalawang libong

taon matapos likhain ang mundo, nakita ni Jehova na naging labis nang tiwali ang sangkatauhan kaya ginamit Niya ang bibig ng propetang si Isaias upang ibabala iyan, pagkaraang matapos ang Kapanahunan ng Kautusan, isasagawa ni Jehova ang Kanyang gawain ng pagtubos sa sangkatauhan sa Kapanahunan ng Biyaya. Ito ang plano ni Jehova, mangyari pa, ngunit ang planong ito ay ginawa rin ayon sa mga sitwasyong namamasdan Niya noon; siguradong hindi Niya ito inisip kaagad matapos likhain si Adan. Nagpropesiya lamang si Isaias, ngunit hindi gumawa ng maagang mga paghahanda si Jehova para sa gawaing ito noong Kapanahunan ng Kautusan; sa halip, pinasimulan Niya ito sa simula ng Kapanahunan ng Biyaya, nang magpakita ang sugo sa panaginip ni Jose upang siya ay maliwanagan sa mensahe na ang Diyos ay magiging tao, at saka lamang nagsimula ang Kanyang gawain ng pagkakatawang-tao. Hindi nakapaghanda ang Diyos, na tulad ng akala ng iba, para sa Kanyang gawain ng pagkakatawang-tao matapos lamang likhain ang mundo; napagpasyahan lamang iyon batay sa antas ng pag-unlad ng sangkatauhan at sa kalagayan ng Kanyang pakikibaka kay Satanas.

Kapag nagiging tao ang Diyos, bumababa ang Kanyang Espiritu sa tao; sa madaling salita, binibihisan ng Espiritu ng Diyos ng pisikal na katawan ang Kanyang sarili. Pumaparito Siya upang gawin ang Kanyang gawain sa ibabaw ng lupa hindi upang magdala Siya ng ilang limitadong hakbang; ang Kanyang gawain ay talagang hindi limitado. Ang gawaing ginagawa ng Banal na Espiritu sa katawang-tao ay tinutukoy pa rin sa pamamagitan ng mga resulta ng Kanyang gawain, at ginagamit Niya ang gayong mga bagay upang malaman ang haba ng panahon kung kailan gagawin Niya ang gawain habang nasa katawang-tao. Direktang ipinapakita ng Banal na Espiritu ang bawat hakbang ng Kanyang gawain, na sinusuri ang Kanyang gawain habang Siya ay nagpapatuloy; ang gawaing ito ay hindi lubhang higit-sa-karaniwan para hatakin ang mga limitasyon ng imahinasyon ng tao. Katulad ito ng gawain ni Jehova sa paglikha ng langit at lupa at lahat ng bagay; nagplano Siya at gumawa nang sabay. Inihiwalay Niya ang liwanag mula sa kadiliman, at nagkaroon ng umaga at gabi—inabot ito ng isang araw. Sa ikalawang araw, nilikha Niya ang himpapawid, at inabot din iyan ng isang araw; pagkatapos ay nilikha Niya ang lupa, ang karagatan, at lahat ng nilalang na naninirahan doon, na kinailangan ng isa pang araw. Nagpatuloy ito hanggang sa ikaanim na araw, nang likhain ng Diyos ang tao at hinayaan siyang pamahalaan ang lahat ng bagay sa lupa. Pagkatapos, sa ikapitong araw, matapos Niyang likhain ang lahat ng bagay, Siya ay nagpahinga. Pinagpala ng Diyos ang ikapitong araw at itinalaga ito bilang isang banal na araw. Nagpasya lamang Siyang italaga ang banal na araw na ito nang matapos na Siyang likhain ang lahat ng bagay, hindi bago nilikha ang mga ito. Ang gawaing ito ay kusang-loob ding isinagawa; bago nilikha ang lahat ng bagay, hindi pa Siya nakapagpasyang likhain ang mundo sa loob ng anim na araw at pagkatapos ay magpahinga sa ikapito; hindi man lamang ganoon ang totoong nangyari. Wala Siyang sinabing ganoon, ni hindi iyon ang Kanyang plano. Hindi Niya sinabi sa anumang paraan na ang paglikha ng lahat

ng bagay ay matatapos sa ikaanim na araw at na Siya ay magpapahinga sa ikapito; sa halip, lumikha Siya ayon sa kung ano ang mabuti sa tingin Niya noon. Nang matapos Niyang likhain ang lahat, ikaanim na araw na. Kung natapos Niyang likhain ang lahat sa ikalimang araw, itatalaga Niyang banal na araw ang ikaanim na araw. Gayunman, talagang natapos Niyang likhain ang lahat sa ikaanim na araw, at sa gayon ay naging banal na araw ang ikapitong araw, na naipasa hanggang sa araw na ito mismo. Samakatuwid, isinasagawa ang Kanyang kasalukuyang gawain sa ganito ring paraan. Nagsasalita Siya at tinutustusan Niya ang lahat ng inyong pangangailangan alinsunod sa inyong sitwasyon. Ibig sabihin, nagsasalita at gumagawa ang Espiritu ayon sa sitwasyon ng mga tao; binabantayan Niya ang lahat at gumagawa Siya anumang oras at saanmang lugar. Yaong Aking ginagawa, sinasabi, inilalagak sa inyo, at ipinagkakaloob sa inyo, nang walang eksepsyon, ay yaong inyong kailangan. Sa gayon, walang isa man sa Aking gawain ang hiwalay sa realidad; totoong lahat ito, sapagkat alam ninyong lahat na “binabantayan ng Espiritu ng Diyos ang lahat.” Kung napagpasyahan na ang lahat ng ito nang maaga, hindi kaya ito masyadong karaniwan at nakakabagot? Iniisip mo na gumawa ng mga plano ang Diyos sa loob ng buong anim na libong taon at itinalaga na ang sangkatauhan noon pa man na maging suwail, palaban, magdaraya at mapanlinlang, at magtaglay ng katiwalian ng laman, isang napakasamang disposisyon, ng pagnanasa ng mga mata, at ng indibiduwal na mga pagpapasasa. Walang isa man dito ang itinalaga noon ng Diyos, kundi sa halip ay nangyaring lahat iyon dahil sa katiwalian ni Satanas. Maaaring sabihin ng ilan, “Hindi ba hawak din ng Diyos si Satanas? Itinalaga na ng Diyos na gagawing tiwali ni Satanas ang tao sa ganitong paraan, at pagkatapos niyon, isinagawa ng Diyos ang Kanyang gawain sa tao.” Itatalaga nga ba ng Diyos si Satanas na gawing tiwali ang sangkatauhan? Sabik na sabik lamang ang Diyos na tulutan ang sangkatauhan na mabuhay nang normal, kaya makikialam ba Siya talaga sa buhay nila? Kung gayon, hindi ba magiging walang saysay ang pagsisikap na talunin si Satanas at iligtas ang sangkatauhan? Paano maaaring naitalaga ang pagkasuwail ng sangkatauhan? Isang bagay ito na nangyari dahil sa panghihimasok ni Satanas, kaya paano ito maaaring naitalaga ng Diyos? Ang Satanas na hawak ng Diyos na inaakala ninyo ay ibang-iba sa Satanas na hawak ng Diyos na binabanggit Ko. Ayon sa inyong mga pahayag na “Ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat, at si Satanas ay nasa Kanyang mga kamay,” hindi Siya maaaring ipagkanulo ni Satanas. Hindi ba sabi mo, ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat? Napakahirap unawain ng inyong kaalaman, at malayo sa realidad; hindi kailanman maaarok ng tao ang mga kaisipan ng Diyos, ni hindi maaarok ng tao kailanman ang Kanyang karunungan! Ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat; ni hindi man lang ito isang kasinungalingan. Ipinagkanulo ng arkanghel ang Diyos dahil paunang binigyan ito ng Diyos ng isang bahagi ng awtoridad. Siyempre, hindi inaasahan ang pangyayaring ito, tulad noong mahulog si Eba sa tukso ng ahas. Gayunman, paano man isagawa ni Satanas ang pagtataksil nito, hindi pa rin ito makapangyarihan sa lahat na katulad ng Diyos. Tulad ng nasabi ninyo, malakas lamang si Satanas; anuman ang

gawin nito, lagi itong matatalo ng awtoridad ng Diyos. Ito ang tunay na kahulugan ng kasabihang, “Ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat, at si Satanas ay nasa Kanyang mga kamay.” Samakatuwid, ang pakikidigma kay Satanas ay kailangang isagawa sa paisa-isang hakbang. Bukod pa ryan, ipinaplano ng Diyos ang Kanyang gawain bilang sagot sa mga pandaraya ni Satanas—ibig sabihin, naghahatid Siya ng kaligtasan sa sangkatauhan at ipinapakita Niya ang Kanyang pagiging makapangyarihan sa lahat sa isang paraan na akma sa kapanahunan. Gayundin, ang gawain sa mga huling araw ay hindi itinalaga noon pa man, bago ang Kapanahunan ng Biyaya; ang mga pagtatalaga noon pa man ay hindi ginagawa sa gayon kaayos na paraang tulad nito: una, pinagbabago ang panlabas na disposisyon ng tao; pangalawa, isinasailalim ang tao sa Kanyang pagkastigo at mga pagsubok; pangatlo, pinagdaranas ang tao ng pagsubok na kamatayan; pang-apat, ipinararanas sa tao ang panahon ng pagmamahal sa Diyos at ipinapahayag ang kapasyahan ng isang nilalang; panglima, tinutulutan ang tao na makita ang kalooban ng Diyos at lubusan Siyang makilala, at sa wakas ay ginagawang ganap ang tao. Hindi Niya ipinlano ang lahat ng bagay na ito noong Kapanahunan ng Biyaya; sa halip, sinimulan Niyang planuhin ang mga ito sa kasalukuyang panahon. Kumikilos si Satanas, gayundin ang Diyos. Ipinapahayag ni Satanas ang tiwaling disposisyon nito, samantalang tuwirang nagsasalita ang Diyos at naghahayag ng ilang mahalagang bagay. Ito ang gawaing ginagawa ngayon, at mayroong parehong uri ng prinsipyo sa paggawa na ginamit noong araw, matapos likhain ang mundo.

Una ay nilikha ng Diyos sina Adan at Eba, at lumikha rin Siya ng ahas. Sa lahat ng bagay, ang ahas na ito ang pinaka-makamandag; ang katawan nito ay may lason, na ginamit ni Satanas upang samantalahin ito. Ang ahas ang nanukso kay Eba na magkasala. Nagkasala si Adan pagkatapos ni Eba, at pagkatapos ay nagawa nilang dalawa na makatukoy sa pagitan ng mabuti at masama. Kung alam ni Jehova na tutuksuhin ng ahas si Eba at na tutuksuhin ni Eba si Adan, bakit Niya sila inilagay lahat sa loob ng isang halamanan? Kung nagawa Niyang hulaan ang mga bagay na ito, bakit Niya nilikha ang ahas at inilagay ito sa loob ng Halamanan ng Eden? Bakit nasa Halamanan ng Eden ang bunga ng puno ng kaalaman tungkol sa mabuti at masama? Gusto ba Niyang kainin nila ang bunga? Nang dumating si Jehova, hindi nangahas si Adan ni si Eba na harapin Siya, at noon lamang nalaman ni Jehova na kinain na nila ang bunga ng puno ng kaalaman tungkol sa mabuti at masama at nabiktima sila ng panlilinlang ng ahas. Sa huli, isinumpa Niya ang ahas, at isinumpa rin Niya sina Adan at Eba. Nang kainin nilang dalawa ang bunga ng puno, ni hindi man lang alam ni Jehova na ginagawa nila iyon noon. Naging tiwali ang sangkatauhan hanggang sa maging masama sila at malaswa, hanggang sa lahat ng kinimkim nila sa kanilang puso ay masama at hindi matuwid; lahat ng iyon ay marumi. Sa gayon ay pinagsisihan ni Jehova ang paglikha sa sangkatauhan. Pagkatapos niyon, isinagawa Niya ang Kanyang gawaing wasakin ang mundo sa pamamagitan ng baha, na naligtasan ni Noe at ng kanyang mga anak. Ang ilang bagay ay hindi talaga kasing-unlad at higit-sa-karaniwan na tulad ng maaaring isipin ng mga

tao. Nagtatanong ang ilan: “Yamang alam ng Diyos na ipagkakanulo Siya ng arkanghel, bakit Niya ito nilikha?” Narito ang mga tunay na nangyari: Bago umiral ang mundo, ang arkanghel ang pinakadakila sa mga anghel sa langit. Mayroon itong kapangyarihan sa lahat ng anghel sa langit; ito ang awtoridad na ibinigay rito ng Diyos. Maliban sa Diyos, ito ang pinakadakila sa mga anghel sa langit. Kalaunan, matapos likhain ng Diyos ang sangkatauhan, sa lupa naman ay nagsagawa ng mas malaki pang pagtataksil ang arkanghel laban sa Diyos. Sinasabi Ko na ipinagkanulo nito ang Diyos dahil nais nitong pamahalaan ang sangkatauhan at lampasan ang awtoridad ng Diyos. Ang arkanghel ang nanukso kay Eba na magkasala, at ginawa ito dahil nais nitong itatag ang kaharian nito sa lupa at patalikurin ang sangkatauhan sa Diyos at sa halip ay sundin nila ang arkanghel. Nakita ng arkanghel na maaari itong sundin ng napakaraming bagay—magagawa iyon ng mga anghel, gayundin ng mga tao sa ibabaw ng lupa. Ang mga ibon at hayop, mga puno, kagubatan, kabundukan, mga ilog, ang lahat ng bagay sa ibabaw ng lupa ay nasa pangangalaga ng mga tao—ibig sabihin, nina Adan at Eba—samantalang sinunod nina Adan at Eba ang arkanghel. Sa gayon ay hinangad ng arkanghel na lampasan ang awtoridad ng Diyos at pagtaksilan ang Diyos. Pagkatapos niyon, pinamunuan nito ang maraming anghel na maghimagsik laban sa Diyos, na kalaunan ay naging iba’t ibang uri ng maruruming espiritu. Hindi ba sanhi ng katiwalian ng arkanghel ang pag-unlad ng sangkatauhan hanggang sa araw na ito? Naging ganito lamang ang sangkatauhan ngayon dahil pinagtaksilan ng arkanghel ang Diyos at ginawang tiwali ang sangkatauhan. Ang paisa-isang hakbang na gawaing ito ay hindi mahirap unawain at simple na katulad ng maaaring isipin ng tao. Isinagawa ni Satanas ang pagtataksil nito sa isang dahilan, subalit hindi naintindihan ng mga tao ang gayon kasimpleng bagay. Bakit ang Diyos, na lumikha ng langit at lupa at lahat ng bagay, ay nilikha rin si Satanas? Yamang labis na kinamumuhian ng Diyos si Satanas, at si Satanas ay Kanyang kaaway, bakit Niya nilikha si Satanas? Sa paglikha kay Satanas, hindi ba Siya lumikha ng isang kaaway? Hindi talaga lumikha ng isang kaaway ang Diyos; sa halip, lumikha Siya ng isang anghel, at kalaunan ay ipinagkanulo Siya ng anghel na iyon. Naging napakataas ng katayuan nito kaya ninais nitong ipagkanulo ang Diyos. Masasabi na nagkataon lamang ito, ngunit hindi rin ito maiiwasan. Kapareho ito ng paraan kung paanong hindi maiiwasang mamatay ang isang tao pagdating sa takdang gulang; sumasapit lamang talaga ang yugtong ito. Sinasabi pa ng ilang nakatatayang hangal, “Yamang kaaway Mo si Satanas, bakit Mo ito nilikha? Hindi Mo ba alam na ipagkakanulo Ka ng arkanghel? Hindi Mo ba masusulyapan ang kawalang-hanggan hanggang sa kawalang-hanggan? Hindi Mo ba alam ang likas na pagkatao ng arkanghel? Yamang malinaw Mong alam na ipagkakanulo Ka nito, bakit Mo ito ginawang arkanghel? Hindi Ka lamang nito ipinagkanulo, isinama rin nito ang napakaraming iba pang anghel at bumaba sa mundo ng mga mortal upang gawing tiwali ang sangkatauhan, subalit hanggang sa araw na ito, hindi Mo pa rin natatapos ang Iyong anim-na-libong-taong plano ng pamamahala.” Tama ba ang mga salitang iyon? Kapag ganito ang iniisip mo,

hindi mo ba mas inilalagay sa panganib ang iyong sarili kaysa kinakailangan? May iba pang nagsasabing, “Kung hindi ginawang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan hanggang sa araw na ito, hindi sana nailigtas ng Diyos ang sangkatauhan nang ganito. Sa gayon, hindi sana nakita ang karunungan at ang pagiging makapangyarihan sa lahat ng Diyos; saan naipakita ang Kanyang karunungan? Kaya lumikha ang Diyos ng isang sangkatauhan para kay Satanas upang maipakita kalaunan ang Kanyang pagiging makapangyarihan sa lahat—kung hindi, paano matutuklasan ng tao ang karunungan ng Diyos? Kung hindi nilabanan ng tao ang Diyos o sinuway Siya, hindi na sana kinailangang ipakita ang Kanyang mga gawa. Kung sasambahin Siya at susundin ng lahat ng nilikha at magpapasakop sa Kanya, wala sana Siyang gawaing gagawin.” Mas malayo pa ito sa realidad, sapagkat walang marumi tungkol sa Diyos, kaya hindi Siya maaaring lumikha ng dumi. Ipinapakita Niya ang Kanyang mga gawa ngayon para lamang matalo ang Kanyang kaaway, iligtas ang mga taong Kanyang nilikha, at talunin ang mga demonyo at si Satanas, na kinamumuhian, ipinagkakanulo, at nilalabanan ang Diyos, at nasa ilalim ng Kanyang kapamahalaan at pag-aari Niya sa simula pa lamang. Nais ng Diyos na talunin ang mga demonyong ito at, sa paggawa nito, ipakita ang Kanyang pagiging makapangyarihan sa lahat ng bagay. Ang sangkatauhan at lahat ng nasa lupa ay nasa ilalim ngayon ng sakop ni Satanas at nasa ilalim ng sakop ng masama. Nais ng Diyos na ipakita ang Kanyang mga kilos sa lahat ng bagay upang makilala Siya ng mga tao, at sa gayon ay matalo si Satanas at lubos na malipol ang Kanyang mga kaaway. Ang kabuuan ng gawaing ito ay natutupad sa pamamagitan ng pagpapakita ng Kanyang mga kilos. Lahat ng Kanyang nilikha ay nasa ilalim ng sakop ni Satanas, kaya nais ng Diyos na ipakita sa kanila ang Kanyang pagiging makapangyarihan sa lahat, sa gayon ay matalo si Satanas. Kung walang Satanas, hindi Niya kakailanganing ipakita ang Kanyang mga gawa. Kung hindi sa panliligalig ni Satanas, nilikha sana ng Diyos ang sangkatauhan at inakay silang manirahan sa Halamanan ng Eden. Bakit, bago ang pagkakanulo ni Satanas, hindi ipinakita ng Diyos ang Kanyang mga gawa sa mga anghel o sa arkanghel? Kung, sa simula, nakilala ng mga anghel at arkanghel ang Diyos at nagpasakop sa Kanya, hindi sana isinagawa ng Diyos ang mga walang-kabuluhan kilos na iyon ng gawain. Dahil sa pag-iral ni Satanas at ng mga demonyo, nilabanan na rin ng mga tao ang Diyos, at punung-puno ng suwail na disposisyon. Sa gayon ay nais ng Diyos na ipakita ang Kanyang mga kilos. Dahil nais Niyang makidigma kay Satanas, kailangan Niyang gamitin ang Kanyang sariling awtoridad at lahat ng Kanyang kilos upang talunin ito; sa ganitong paraan, ang gawain ng pagliligtas na Kanyang isinasagawa sa mga tao ay tutulutan silang makita ang Kanyang karunungan at pagiging makapangyarihan sa lahat. Ang gawaing ginagawa ng Diyos ngayon ay makabuluhan, at sa anumang paraan ay hindi katulad ng tinutukoy ng ilang tao kapag sinasabi nilang, “Hindi ba salungat ang gawaing ginagawa Mo? Hindi ba ang sunud-sunod na gawaing ito ay pagsasanay lamang sa pagpapahirap sa Iyong Sarili? Nilikha Mo si Satanas, at pagkatapos ay hinayaan Mo itong ipagkanulo at labanan Ka. Nilikha Mo ang mga tao, at

ipinasa sila kay Satanas, at tinulutan Mong matukso sina Adan at Eba. Yamang sinadya Mong gawin ang lahat ng ito, bakit Mo kinasusuklaman ang sangkatauhan? Bakit Mo kinamumuhian si Satanas? Hindi ba Ikaw ang may kagagawan ng lahat ng ito? Ano pa ang kamumuhian Mo?” Medyo may ilang kakatwang taong nagsasabi ng gayong mga bagay. Nais nilang mahalin ang Diyos, ngunit sa kanilang puso ay nagrereklamo sila tungkol sa Diyos. Napakalaking pagsalungat! Hindi mo nauunawaan ang katotohanan, napakarami mong ideyang higit-sa-karaniwan, at sinasabi mo pa na nagkamali ang Diyos—kakatwa ka talaga! Ikaw ang nakikipaglaro sa katotohanan; hindi nagkamali ang Diyos! Paulit-ulit na inirereklamo ng ilang tao, “Ikaw ang lumikha kay Satanas, at inihagis Mo si Satanas sa mga tao at ipinasa rito ang sangkatauhan. Nang minsang magtaglay ang sangkatauhan ng napakasamang disposisyon, hindi Mo sila pinatawad; bagkus, medyo kinamuhian Mo sila. Sa simula ay medyo minahal Mo sila, ngunit ngayon ay kinasusuklaman Mo na sila. Ikaw ang namuhi sa sangkatauhan, subalit Ikaw rin ang nagmahal sa sangkatauhan. Ano ba talaga ang nangyayari dito? Hindi ba magkasalungat ito?” Paano man ninyo ito tingnan, ito ang nangyari sa langit; ito ang paraan na ipinagkanulo ng arkanghel ang Diyos at ginawang tiwali ang sangkatauhan, at ganito nagpapatuloy ang mga tao hanggang sa araw na ito. Paano man ninyo ito sabihin, iyan ang buong salaysay. Gayunman, kailangan ninyong maunawaan na ang buong layunin sa likod ng gawaing ito na ginagawa ng Diyos ngayon ay upang iligtas kayo at talunin si Satanas.

Dahil ang mga anghel ay partikular na marupok at walang mga kakayahang masasabi, naging mayabang sila nang bigyan sila ng awtoridad. Lalo nang totoo ito sa arkanghel, na ang katayuan ay mas mataas kumpara sa iba pang anghel. Isang hari sa mga anghel, inakay nito ang milyun-milyon sa kanila, at sa ilalim ni Jehova, ang awtoridad nito ay nilampasan ang awtoridad ng sinumang iba pang mga anghel. Ninais nitong gawin ang iba’t ibang bagay, at akayin ang mga anghel pababa sa mga tao upang kontrolin ang mundo. Sinabi ng Diyos na Siya Yaong namamahala sa sansinukob; ngunit sinabi ng arkanghel na ito ang namamahala sa sansinukob—mula noon, ipinagkanulo ng arkanghel ang Diyos. Lumikha na ng isa pang mundo sa langit ang Diyos, at ninais ng arkanghel na kontrolin ang mundong ito at bumaba rin sa mortal na dako. Maaari ba itong payagan ng Diyos na gawin iyon? Sa gayon, hinampas Niya ang arkanghel at inihagis ito sa ere. Mula nang gawin nitong tiwali ang mga tao, nakidigma na ang Diyos sa arkanghel upang iligtas sila; nagamit Niya ang anim na libong taon na ito para talunin ito. Ang pagkaintindi ninyo sa Diyos na makapangyarihan sa lahat ay hindi nakaayon sa gawaing kasalukuyang ginagawa ng Diyos; talagang hindi ito praktikal, at malaking kamalian! Ang totoo, ipinahayag lamang ng Diyos na kaaway Niya ang arkanghel matapos itong magkanulo. Dahil lamang sa pagkakanulo nito kaya tinapakan ng arkanghel ang sangkatauhan matapos dumating sa mortal na dako, at dahil dito kaya umunlad na ang sangkatauhan sa puntong ito. Matapos mangyari iyan, sumumpa ang Diyos kay Satanas: “Tatalunin kita at ililigtas ko ang lahat ng taong Aking nilikha.” Hindi nakumbinsi noong una, sumagot si

Satanas, “Ano ba talaga ang kaya Mong gawin sa akin? Talaga bang kaya Mo akong ihagis sa ere? Talaga bang kaya Mo akong talunin?” Matapos itong ihagis ng Diyos sa ere, hindi na Niya ito pinansin, at kalaunan ay sinimulang iligtas ang sangkatauhan at isagawa ang Kanyang sariling gawain sa kabila ng patuloy na mga panliligalig ni Satanas. Nagawa ni Satanas ang iba’t ibang bagay, ngunit dahil iyon lahat sa mga kapangyarihang dati nang ibinigay rito ng Diyos; dinala nito ang mga iyon sa ere, at naitago ang mga iyon hanggang sa araw na ito. Nang ihagis Niya ang arkanghel sa ere, hindi binawi ng Diyos ang awtoridad nito, kaya nga patuloy na ginawang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan. Sa kabilang dako, nagsimula ang Diyos na iligtas ang sangkatauhan, na nagawang tiwali ni Satanas matapos silang likhain. Hindi ipinakita ng Diyos ang Kanyang mga kilos habang nasa langit; gayunman, bago nilikha ang mundo, pinayagan Niya ang mga tao sa mundong Kanyang nilikha sa langit na makita ang Kanyang mga gawa, sa gayon ay ginabayan ang mga taong iyon sa itaas ng langit. Binigyan Niya sila ng karunungan at katalinuhan, at inakay ang mga taong iyon na manirahan sa mundong iyon. Natural, walang isa man sa inyo ang nakarinig noon tungkol dito. Kalaunan, matapos likhain ng Diyos ang mga tao, sinimulan ng arkanghel na gawin silang tiwali; sa lupa, buong sangkatauhan ay nagkagulo. Noon lamang sinimulan ng Diyos ang Kanyang pakikidigma laban kay Satanas, at sa panahong ito lamang nagsimulang makita ng mga tao ang Kanyang mga gawa. Sa simula, ang gayong mga kilos ay naitago sa sangkatauhan. Matapos ihagis si Satanas sa ere, ginawa nito ang sarili nitong mga bagay at patuloy na ginawa ng Diyos ang Kanyang sariling gawain, patuloy na nakidigma laban kay Satanas, hanggang sa mga huling araw. Ngayon ang panahon kung kailan dapat lipulin si Satanas. Sa simula, binigyan ito ng Diyos ng awtoridad, at kalaunan ay inihagis Niya ito sa ere, subalit nanatili itong suwail. Pagkatapos niyon, ginawa nitong tiwali ang sangkatauhan sa lupa, ngunit naroon ang Diyos at namamahala sa sangkatauhan. Ginagamit ng Diyos ang Kanyang pamamahala sa mga tao upang talunin si Satanas. Sa pagtitiwali sa mga tao, tinatapos ni Satanas ang kanilang kapalaran at ginagambala ang gawain ng Diyos. Sa kabilang dako, ang gawain ng Diyos ay ang pagliligtas sa sangkatauhan. Aling hakbang ng gawain ng Diyos ang hindi para iligtas ang sangkatauhan? Aling hakbang ang hindi para linisin ang mga tao, at pakilusin sila nang matuwid at mamuhay sa larawan ng mga taong maaaring mahalin? Gayunman, hindi ito ginagawa ni Satanas. Ginagawa nitong tiwali ang sangkatauhan; patuloy nitong isinasagawa ang gawain nitong gawing tiwali ang sangkatauhan sa buong sansinukob. Siyempre pa, ginagawa rin ng Diyos ang Kanyang sariling gawain, at hindi pinapansin si Satanas. Gaano man kalaki ang awtoridad ni Satanas, ang awtoridad na iyon ay bigay pa rin dito ng Diyos; hindi talaga basta ibinigay ng Diyos ang Kanyang buong awtoridad, kaya nga anuman ang gawin ni Satanas, hindi nito kayang lampasan ang Diyos at palagi itong magiging nasa mga kamay ng Diyos. Hindi ipinakita ng Diyos ang anuman sa Kanyang mga kilos habang nasa langit. Binigyan lamang Niya si Satanas ng maliit na bahagi ng awtoridad at tinulutan itong magkaroon

ng kontrol sa iba pang mga anghel. Samakatuwid, anuman ang gawin ni Satanas, hindi nito kayang lampasan ang awtoridad ng Diyos, dahil ang awtoridad na orihinal na ipinagkaloob dito ng Diyos ay limitado. Habang gumagawa ang Diyos, nanggagambala si Satanas. Sa mga huling araw, ang mga paggambala nito ay matatapos; matatapos din ang gawain ng Diyos, at ang uri ng mga taong nais gawing ganap ng Diyos ay makukumpleto. Pinapatnubayan ng Diyos ang mga tao nang positibo; ang Kanyang buhay ay tubig na buhay, hindi masusukat at walang hangganan. Nagawang tiwali ni Satanas ang tao kahit paano; sa huli, ang buhay na tubig ng buhay ay gagawing ganap ang tao, at magiging imposibleng makialam at magsagawa si Satanas ng gawain nito. Sa gayon, lubos na maaangkin ng Diyos ang mga taong ito. Kahit ngayon, ayaw pa rin itong tanggapin ni Satanas; patuloy nitong inilalaban ang sarili sa Diyos, ngunit hindi Niya ito pinapansin. Sabi ng Diyos, “Magiging matagumpay Ako laban sa lahat ng puwersa ng kadiliman ni Satanas at laban sa lahat ng impluwensya ng kadiliman.” Ito ang gawaing dapat isagawa sa katawang-tao, at ito rin ang dahilan kaya makabuluhan ang maging tao: ibig sabihin, upang tapusin ang yugto ng gawaing talunin si Satanas sa mga huling araw, at lipulin ang lahat ng bagay na pag-aari ni Satanas. Hindi maiiwasan ang tagumpay ng Diyos laban kay Satanas! Ang totoo, matagal nang nabigo si Satanas. Nang magsimulang lumaganap ang ebanghelyo sa buong lupain ng malaking pulang dragon—ibig sabihin, nang simulan ng Diyos na nagkatawang-tao ang Kanyang gawain at pagalawin ang gawaing ito—lubos na natalo si Satanas, sapagkat ang pinaka-layunin ng pagkakatawang-tao ay upang lupigin si Satanas. Nang makita ni Satanas na minsan pang naging tao ang Diyos at nagsimulang magsagawa ng Kanyang gawain, na hindi mapigil ng anumang puwersa, sa gayon ay natulala ito nang makita ang gawaing ito, at hindi nangahas na gumawa ng anumang iba pang kalokohan. Noong una, akala ni Satanas ay pinagkalooban din ito ng maraming karunungan, at ginambala at niligalig nito ang gawain ng Diyos; gayunman, hindi nito inasahan na minsan pang magiging tao ang Diyos, o na sa Kanyang gawain, gagamitin ng Diyos ang pagkasuwail ni Satanas upang magsilbing isang paghahayag at paghatol sa sangkatauhan, nang sa gayon ay malupig ang mga tao at matalo si Satanas. Mas matalino ang Diyos kaysa kay Satanas, at ang Kanyang gawain ay higit pa kaysa rito. Kaya nga, isinaad Ko na dati, “Ang gawaing Aking ginagawa ay isinasagawa bilang tugon sa mga pandaraya ni Satanas; sa huli, ipapakita Ko ang Aking pagiging makapangyarihan sa lahat at ang kawalan ng kapangyarihan ni Satanas.” Gagawin ng Diyos ang Kanyang gawain sa unahan, samantalang bubuntot naman si Satanas sa likuran, hanggang ito, sa huli, ay tuluyang mawasak—ni hindi nito malalaman kung ano ang tumama rito! Matatanto lamang nito ang katotohanan kapag nadurog at nadikdik na ito, at sa oras na iyon, nasunog na ito sa lawa ng apoy. Hindi ba lubos na itong makukumbinsi sa oras na iyon? Sapagkat wala nang magagamit na mga pakana si Satanas sa oras na iyon!

Ang paisa-isang hakbang na ito, ang makatotohanang gawaing ito ang madalas makabigat sa puso ng Diyos sa pagdadalamhati para sa sangkatauhan, kaya ang

Kanyang pakikidigma kay Satanas ay tumagal nang anim na libong taon, at sinabi na ng Diyos: “Hindi na Ako muling lilikha ng sangkatauhan kailanman, ni muling magkakaloob ng awtoridad sa mga anghel.” Mula noon, nang bumaba ang mga anghel para gumawa sa lupa, sinunod lamang nila ang Diyos sa pagsasagawa ng ilang gawain. Hindi na Niya sila muling binigyan ng awtoridad kailanman. Paano isinagawa ng mga anghel na nakita ng mga Israelita ang kanilang gawain? Ipinakita nila ang kanilang sarili sa mga panaginip at ipinarating ang mga salita ni Jehova. Nang mabuhay na mag-uli si Jesus tatlong araw matapos ipako sa krus, ang mga anghel ang nagtulak sa malaking bato sa tabi; hindi ginawa ng Espiritu ng Diyos nang personal ang gawaing ito. Ganitong gawain lamang ang ginawa ng mga anghel; gumanap sila sa mga suportang papel, ngunit wala silang awtoridad, sapagkat hindi na muling magkakaloob ang Diyos ng anumang awtoridad sa kanila. Matapos gumawa nang ilang panahon, ang mga taong ginamit ng Diyos sa lupa ang umangkin sa katayuan ng Diyos at nagsabing, “Nais kong malampasan ang sansinukob! Nais kong tumayo sa ikatlong langit! Nais naming maghawak ng pinakamataas na kapangyarihan!” Nagiging mayabang sila pagkaraan ng ilang araw ng paggawa; ninais nilang magtaglay ng pinakamataas na awtoridad sa lupa, magtatag ng isa pang bansa, ilagay ang lahat ng bagay sa kanilang paanan, at tumayo sa ikatlong langit. Hindi mo ba alam na isang tao ka lamang na ginagamit ng Diyos? Paano ka makakaakyat sa ikatlong langit? Bumababa ang Diyos sa lupa upang gumawa, nang tahimik at walang angal, at pagkatapos ay umaalis matapos na patagong tapusin ang Kanyang gawain. Hindi Siya umaangal na tulad ng mga tao, kundi sa halip ay praktikal sa pagsasagawa ng Kanyang gawain. Ni hindi Siya pumapasok sa isang iglesia at bumubulalas ng, “Lilipulin Ko kayong lahat! Susumpain Ko kayo at kakastiguhin!” Patuloy lamang Niyang ginagawa ang Kanyang sariling gawain, at umaalis kapag tapos na Siya. Sagad hanggang buto ang kayabangan ng lahat ng relihiyosong pastor na nagpapagaling ng maysakit at nagpapalayas ng mga demonyo, nagsesermon sa iba mula sa pulpito, nagbibigay ng mahahaba at bonggang mga talumpati, at nagtatalakay ng mga bagay na hindi makatotohanan! Mga inapo lamang sila ng arkanghel!

Matapos maisagawa ang Kanyang anim-na-libong-taon ng gawain hanggang sa araw na ito, naipakita na ng Diyos ang marami sa Kanyang mga kilos, na ang layunin una sa lahat ay ang matalo si Satanas at maghatid ng kaligtasan sa buong sangkatauhan. Ginagamit Niya ang pagkakataong ito upang tulutan ang lahat sa langit, lahat sa lupa, lahat ng sakop ng karagatan, at lahat ng huling bagay na nilikha ng Diyos sa lupa na makita ang Kanyang pagiging makapangyarihan sa lahat at masaksihan ang lahat ng Kanyang kilos. Sinusunggaban Niya ang pagkakataong ibinibigay ng pagtalo Niya kay Satanas upang ipakita ang lahat ng Kanyang gawa sa mga tao, at magawa nilang purihin Siya at dakilain ang Kanyang karunungan sa pagtalo kay Satanas. Lahat sa lupa, sa langit, at sa ilalim ng karagatan ay naghahatid ng kaluwalhatian sa Diyos, pinupuri ang Kanyang pagiging makapangyarihan sa lahat, pinupuri ang bawat isa sa Kanyang mga gawa, at ipinagsisigawan ang Kanyang banal na pangalan. Ito ay patunay ng Kanyang

pagtalo kay Satanas; patunay ito ng Kanyang paglupig kay Satanas. Ang mas mahalaga, patunay ito ng Kanyang pagliligtas sa sangkatauhan. Ang buong paglikha ng Diyos ay naghahatid sa Kanya ng kaluwalhatian, pinupuri Siya sa pagtalo sa Kanyang kaaway at pagbalik na matagumpay, at itinatanyag Siya bilang dakila at matagumpay na Hari. Ang Kanyang layunin ay hindi lamang para talunin si Satanas, kaya ang Kanyang gawain ay nagpatuloy nang anim na libong taon. Ginagamit Niya ang pagkatalo ni Satanas upang iligtas ang sangkatauhan; ginagamit Niya ang pagkatalo ni Satanas upang ipakita ang lahat ng Kanyang kilos at Kanyang buong kaluwalhatian. Siya ay magtatamo ng kaluwalhatian, at lahat ng pulutong ng mga anghel ay makikita ang Kanyang kaluwalhatian. Ang mga sugo sa langit, mga tao sa lupa, at lahat ng bagay na nilikha sa lupa ay makikita ang kaluwalhatian ng Lumikha. Ito ang gawaing Kanyang ginagawa. Ang Kanyang nilikha sa langit at sa lupa ay masasaksihang lahat ang Kanyang kaluwalhatian, at babalik Siya nang matagumpay matapos Niyang lubos na talunin si Satanas, at tutulutan ang sangkatauhan na purihin Siya, sa gayon ay magkakamit ng dobleng tagumpay sa Kanyang gawain. Sa huli, buong sangkatauhan ay lulupigin Niya, at Kanyang lilipulin ang sinumang lalaban o susuway; sa madaling salita, lilipulin Niya ang lahat ng nabibilang kay Satanas. Kasalukuyan mong nasasaksihan ang napakaraming kilos ng Diyos, subalit lumalaban ka pa rin, sumusuway ka, at hindi nagpapasakop; nagkikimkim ka ng maraming bagay sa iyong kalooban, at ginagawa mo kung ano ang gusto mo. Sinusunod mo ang sarili mong mga pagnanasa at kagustuhan; lahat ng ito ay pagkasuwail at paglaban. Anumang paniniwala sa Diyos alang-alang sa laman at mga pagnanasa ng isang tao, gayundin alang-alang sa sariling mga kagustuhan ng isang tao, ng mundo, at ni Satanas, ay marumi; ito ay likas na paglaban at pagsuway. Sa mga panahong ito, nariyan ang lahat ng iba't ibang uri ng paniniwala: ngayon: Ang ilan ay naghahanap ng silungan mula sa kalamidad, at ang iba naman ay naghahangad na magtamo ng mga pagpapala; ang ilan ay nais maunawaan ang mga hiwaga, samantalang ang ilan naman ay naghahanap ng pera. Lahat ng ito ay mga anyo ng paglaban at lahat ay kalapastanganan! Ang sabihing lumalaban o sumusuway ang isang tao—hindi ba ito tumutukoy sa gayong mga pag-uugali? Maraming tao sa mga panahong ito ang umaangal, nagrereklamo, o nanghuhusga. Lahat ng iyon ay ginagawa ng masasama; mga halimbawa iyon ng paglaban at pagkasuwail ng tao. Ang gayong mga tao ay sinasapian at sakop ni Satanas. Yaong mga natatamo ng Diyos ay yaong mga nagpapasakop sa Kanya nang lubusan; sila ay mga taong nagawang tiwali ni Satanas ngunit nailigtas at nalupig ng kasalukuyang gawain ng Diyos, na nagtiis ng mga pagdurusa, at, sa huli, lubusang nakamtan ng Diyos, na hindi na namumuhay sa ilalim ng sakop ni Satanas, at nakalaya na sa pagiging masama, at handang mamuhay nang banal—sila ang pinakabanal sa lahat ng tao; talagang sila ang mga banal. Kung ang kasalukuyan mong mga kilos ay hindi nakaayon sa kahit isang bahagi ng mga kinakailangan ng Diyos, ikaw ay aalisin. Hindi ito matututulan. Lahat ay depende sa nangyayari ngayon; kahit ikaw ay nakatakda at nahirang, ang mga kilos mo pa rin ngayon ang magpapasya sa

iyong kahihinatnan. Kung hindi ka makakasunod ngayon, aalisin ka. Kung hindi ka makakasunod ngayon, paano ka pa makakasunod kalaunan? Mayroon nang isang napakalaking himalang lumitaw sa iyong harapan, subalit hindi ka pa rin naniniwala. Kung gayon, paano ka pa maniniwala sa Diyos kalaunan, samantalang tapos na Niya ang Kanyang gawain at hindi na gagawa ng gayong gawain? Sa oras na iyon, magiging mas imposible pa para sa iyo ang sundin Siya! Kalaunan, aasa ang Diyos sa iyong pag-uugali, sa iyong kaalaman patungkol sa gawain ng Diyos na nagkatawang-tao, at sa iyong karanasan upang malaman kung ikaw ay makasalanan o matuwid, o malaman kung ikaw ay ginawang perpekto o inalis. Kailangan mong makita ito nang malinaw ngayon. Ang Banal na Espiritu ay gumagawa sa ganitong paraan: Tinutukoy Niya ang iyong kahihinatnan ayon sa iyong pag-uugali ngayon. Sino ang sumasambit ng mga salita ngayon? Sino ang gumagawa ng gawain ngayon? Sino ang nagpapasya kung aalisin ka ngayon? Sino ang nagpapasiya kung gagawin kang perpekto? Hindi ba Ako Mismo ang gumagawa nito? Ako ang Siyang sumasambit sa mga salitang ito; Ako ang Siyang nagsasagawa ng gawaing ito. Ang pagsumpa, pagkastigo, at paghatol sa mga tao ay bahaging lahat ng Aking gawain. Sa huli, Ako rin ang magpapasya kung aalisin ka. Lahat ng bagay na ito ay gawain Ko! Gawain Kong gawin kang perpekto, at gawain Ko ring tulutan kang magtamasa ng mga pagpapala. Ito ang buong gawaing ginagawa Ko. Ang iyong kahihinatnan ay hindi itinalaga ni Jehova; ito ay pinagpapasyahan ng Diyos ng ngayon. Pinagpapasyahan ito ngayon mismo; hindi ito pinagpapasyahan noon pang bago likhain ang mundo. Sinasabi ng ilang kakatwang tao, “Marahil ay may mali sa iyong paningin, at hindi Mo ako nakikita sa paraang nararapat. Sa huli, makikita Mo kung ano talaga ang ipinapakita ng Espiritu!” Orihinal na hinirang ni Jesus si Judas bilang Kanyang disipulo. Nagtatanong ang mga tao: “Paano Niya kaya nagawang piliin ang isang disipulong magkakanulo sa Kanya?” Noong una, walang layunin si Judas na ipagkanulo si Jesus; nangyari lamang ito kalaunan. Sa oras na iyon, maganda ang pagtingin ni Jesus kay Judas; nagawa Niyang sumunod sa Kanya ang taong ito, at nabigyan siya ng responsibilidad sa kanilang pananalapi. Kung alam lamang ni Jesus na lulustayin ni Judas ang pera, hindi sana Niya ito pinamahala sa gayong mga bagay. Masasabi na hindi alam ni Jesus dati na ang taong ito ay buktot at mapanlinlang, o na lolokohin niya ang kanyang mga kapatid. Kalaunan, matapos masundan ni Judas si Jesus nang ilang panahon, nakita siya ni Jesus na inuuto ang kanyang mga kapatid at inuuto ang Diyos. Natuklasan din ng mga tao na si Judas ay may ugaling kumuha ng pera mula sa lukbutan ng salapi, at sa gayon ay sinabi nila iyon kay Jesus. Noon lamang nabatid ni Jesus ang lahat ng nangyayari. Dahil kailangang isagawa ni Jesus ang gawaing ipako sa krus at kinailangan ng isang taong magkakanulo sa Kanya, at dahil nagkataon lamang na si Judas ang tamang klase ng taong magsasagawa ng tungkuling ito, sinabi ni Jesus, “May isa sa atin na magkakanulo sa Akin. Gagamitin ng Anak ng tao ang pagkakanulong ito upang maipako sa krus, at pagkaraan ng tatlong araw ay mabubuhay Siyang mag-uli.” Sa oras na iyon, hindi pa talaga napili ni Jesus si

Judas para ipagkanulo Siya; bagkus, inasam Niya na magiging tapat na disipulo si Judas. Hindi inaasahan, naging sakim na masamang tao si Judas na nagkanulo sa Panginoon, kaya ginamit ni Jesus ang sitwasyong ito upang piliin si Judas para sa gawaing ito. Kung naging tapat sana ang lahat ng labindalawang disipulo ni Jesus at wala silang nakasamang katulad ni Judas, hindi sana isa sa mga disipulo ang taong nagkanulo kay Jesus. Gayunman, sa oras na iyon, nagkataon lamang na may isang kasama sa mga disipulo na nasiyahang tumanggap ng mga suhol: si Judas. Sa gayon ay ginamit ni Jesus ang taong ito upang tapusin ang Kanyang gawain. Napakasimple nito! Hindi ito itinalaga ni Jesus sa simula ng Kanyang gawain; ginawa lamang Niya ang desisyong ito nang medyo sumulong na ang mga bagay-bagay. Ito ay desisyon ni Jesus, na ibig sabihin ay desisyon iyon ng Espiritu ng Diyos Mismo. Dati-rati, si Jesus ang nakapili kay Judas; nang ipagkanulo ni Judas si Jesus kalaunan, ito ay isang bagay na ginawa ng Banal na Espiritu upang makamit ang Kanyang sariling mga layunin. Iyon ang gawaing isinagawa ng Banal ng Espiritu noon. Nang mapili ni Jesus si Judas, wala Siyang anumang ideya na ipagkakanulo Siya ni Judas. Ang tanging alam Niya ay si Judas Iscariote ang taong iyon. Ang inyo ring mga kahihinatnan ay pagpapasyahan ayon sa inyong antas ng pagpapasakop ngayon at ayon sa antas ng paglago ng inyong buhay, hindi ayon sa anumang kuru-kuro ng tao na ang iyong mga kahihinatnan ay itinalaga na bago pa nilikha ang mundo. Kailangan mong makita nang malinaw ang mga bagay na ito. Wala ni isa sa gawaing ito ang ginagawa ayon sa iniisip mo.

Tungkol sa mga Pangalan at sa Pagkakakilanlan

Kung nais mong maging angkop para gamitin ng Diyos, dapat alam mo ang gawain ng Diyos, dapat alam mo ang gawain na Kanyang isinagawa noon (sa Bago at Lumang Tipan), at, higit pa rito, dapat alam mo ang Kanyang gawain ngayon. Ang ibig sabihin, dapat alam mo ang tatlong yugto ng gawain ng Diyos na ginawa sa loob ng 6,000 taon. Kung ikaw ay inatasang magpalaganap ng ebanghelyo, hindi mo ito magagawa kung hindi mo alam ang gawain ng Diyos. Maaaring may magtanong sa iyo tungkol sa sinabi ng inyong Diyos tungkol sa Bibliya, sa Lumang Tipan, at sa gawain at mga salita ni Jesus noong panahong iyon. Kung hindi ka makapagsasalita tungkol sa napapaloob na kuwento ng Bibliya, hindi sila makukumbinsi. Noong panahong iyon, nangusap si Jesus tungkol sa Lumang Tipan sa Kanyang mga disipulo. Ang lahat ng kanilang nabasa ay mula sa Lumang Tipan; ang Bagong Tipan ay nasulat lamang ilang dekada pagkatapos maipako sa krus si Jesus. Upang mapalaganap ang ebanghelyo, dapat ninyong pangunahing maunawaan ang panloob na katotohanan ng Bibliya, at ang gawain ng Diyos sa Israel, na siyang gawaing isinagawa ni Jehova. At dapat din ninyong maintindihan ang gawaing isinagawa ni Jesus. Ito ang mga isyung pinakainaalala ng lahat ng tao, at ang napapaloob na kuwento ng dalawang yugtong iyon ng gawain ang hindi pa nila

naririnig. Kapag nagpapalaganap ng ebanghelyo, isantabi muna ang usapan tungkol sa gawain ng Banal na Espiritu ngayon. Ang yugtong ito ng gawain ay lagpas sa kanilang kakayahan, dahil ang hinahangad ninyong matamo ay ang pinakamatayog sa lahat—ang kaalaman sa Diyos at ang kaalaman sa gawain ng Banal na Espiritu—at wala nang mas mataas pa kaysa sa dalawang ito. Kung una ninyong pag-uusapan kung ano ang matayog, magiging labis ito para sa kanila, dahil wala pang nakaranas ng ganoong gawain ng Banal na Espiritu; wala itong pamamarisan, at hindi madali para sa tao na tanggapin ito. Ang kanilang mga karanasan ay mga lumang bagay mula sa nakaraan, na mayroong mga paminsan-minsang gawain ng Banal na Espiritu. Ang nararanasan nila ay hindi ang gawain ng Banal na Espiritu ngayon, o ang kalooban ng Diyos ngayon. Sila ay kumikilos pa rin ayon sa mga lumang pagsasagawa, nang walang bagong liwanag, o bagong mga bagay.

Noong kapanahunan ni Jesus, pangunahing isinagawa ng Banal na Espiritu ang Kanyang gawain kay Jesus, habang ang mga naglilingkod kay Jehova na nakasuot ng mga kasuotang pangsaserdote sa templo ay gumawa nang mayroong di-natitinag na katapatan. Taglay rin nila ang gawain ng Banal na Espiritu, ngunit hindi nila nagawang maunawaan ang kasalukuyang kalooban ng Diyos, at nanatili lamang silang tapat kay Jehova ayon sa mga lumang kaugalian, at walang bagong patnubay. Dumating si Jesus at nagdala ng bagong gawain, subalit yaong mga taong naglilingkod sa templo ay walang bagong patnubay, ni mayroong bagong gawain. Sa kanilang paglilingkod sa templo, napanindigan lamang nila ang mga lumang kaugalian, at sa hindi pag-alis sa templo, sadyang wala silang kakayahang magkaroon ng anumang bagong pagpasok. Ang bagong gawain ay dinala ni Jesus, at hindi nagpunta sa templo si Jesus upang isagawa ang Kanyang gawain. Isinagawa Niya lamang ang Kanyang gawain sa labas ng templo, dahil ang sakop ng gawain ng Diyos ay matagal nang nagbago. Hindi Siya gumawa sa loob ng templo, at nang naglingkod sa Kanya ang tao roon, napanatili lamang nito ang mga bagay-bagay gaya ng dati, at hindi nakapagdala ng anumang bagong gawain. Gayundin, ang mga relihiyosong tao ngayon ay sinasamba pa rin ang Bibliya. Kung ipapalaganap mo ang ebanghelyo sa kanila, babatuhin ka nila ng maliliit na detalye ng mga salita sa Bibliya, at maghahanap sila ng maraming patunay, na gagawin kang tuliro at di-makapagsalita; pagkatapos ay bibigyan ka nila ng isang katawagan at iisipin na hangal kayo sa inyong pananampalataya. Sasabihin nila, “Ni hindi mo alam ang Bibliya, ang salita ng Diyos, kaya paano mo nasasabing naniniwala ka sa Diyos?” Pagkatapos ay hahamakin ka nila, at sasabihin din, “Yamang Siya na inyong pinaniniwalaan ay ang Diyos, bakit hindi Niya sinasabi sa inyo ang lahat tungkol sa Luma at Bagong Tipan? Yamang dinala Niya ang Kanyang kaluwalhatian mula sa Israel hanggang sa Silangan, bakit hindi Niya alam ang gawaing isinagawa sa Israel? Bakit hindi Niya alam ang gawain ni Jesus? Kung hindi ninyo alam, nagpapatunay ito na hindi kayo sinabihan; yamang Siya ang pangalawang pagkakatawang-tao ni Jesus, paanong hindi Niya alam ang mga bagay na ito? Alam ni Jesus ang gawaing isinagawa ni Jehova;

paanong hindi Niya alam?” Pagdating ng panahon, tatanungin ka nilang lahat ng gayong mga tanong. Puno ng mga gayong bagay ang kanilang mga pag-iisip; paanong hindi sila magtatanong? Ang mga nasa agos na ito sa inyo ay hindi nakatuon sa Bibliya, dahil sinabayan ninyo ang hakbang-hakbang na gawaing isinasagawa ng Diyos ngayon, nasaksihan ninyo ang hakbang-hakbang na gawaing ito gamit ang sarili ninyong mga mata, at maliwanag ninyong napagmasdan ang tatlong yugto ng gawain, kaya kinailangan ninyong ilapag ang Bibliya at itigil ang pag-aaral nito. Ngunit hindi nila ito maaaring hindi pag-aralan, dahil wala silang kaalaman sa hakbang-hakbang na gawaing ito. Ang ibang tao ay magtatanong, “Ano ang pagkakaiba ng gawaing isinagawa ng nagkatawang-taong Diyos sa gawain ng mga propeta at mga apostol noon? Si David ay tinawag din na Panginoon, gayundin si Jesus; bagaman magkaiba ang gawaing kanilang isinagawa, magkatulad ang itinawag sa kanila. Sabihin mo sa akin, bakit magkaiba ang kanilang pagkakakilanlan? Ang nasaksihan ni Juan ay isang pangitain, na nagmula rin sa Banal na Espiritu, at nasabi niya ang mga salitang balak sabihin ng Banal na Espiritu; bakit magkaiba ang pagkakakilanlan ni Juan at ni Jesus?” Ang mga salitang sinabi ni Jesus ay nagawang ganap na kumatawan sa Diyos, at ganap na kumatawan sa gawain ng Diyos. Ang nakita ni Juan ay isang pangitain, at wala siyang kakayahan na ganap na kumatawan sa gawain ng Diyos. Bakit nagpahayag ng maraming salita sina Juan, Pedro, at Pablo, gaya ni Jesus, ngunit hindi pareho ang pagkakakilanlan nila kay Jesus? Ito ay pangunahing dahil ang gawaing kanilang ginawa ay magkaiba. Kinatawan ni Jesus ang Espiritu ng Diyos at Siya ang Espiritu ng Diyos na direktang gumagawa. Ginawa Niya ang gawain ng bagong kapanahunan, ang gawain na wala pang nakagagawa. Nagbukas Siya ng bagong daan, kinatawan Niya si Jehova, at kinatawan Niya ang Diyos Mismo. Samantalang sina Pedro, Pablo, at David, anuman ang tawag sa kanila, ay kinatawan lamang ang pagkakakilanlan ng isang nilalang ng Diyos, at ipinadala ni Jesus o ni Jehova. Kaya gaano man karami ang gawaing kanilang isinagawa, gaano man kadakila ang mga himalang kanilang ginawa, sila pa rin ay mga nilalang lamang ng Diyos, at walang kakayahang kumatawan sa Espiritu ng Diyos. Sila ay gumawa sa ngalan ng Diyos o matapos ipadala ng Diyos; higit pa rito, sila ay gumawa sa mga kapanahunang sinimulan ni Jesus o ni Jehova, at hindi sila gumawa ng iba pang gawain. Sila ay, matapos ang lahat, mga nilalang lamang ng Diyos. Sa Lumang Tipan, maraming propeta ang nagpahayag ng mga hula, o nagsulat ng mga aklat ng propesiya. Walang nagsabi na sila ang Diyos, ngunit nang sandaling nagsimulang gumawa si Jesus, ang Espiritu ng Diyos ay nagpatotoo sa Kanya bilang Diyos. Bakit ganoon? Sa puntong ito, dapat ay alam mo na! Noon, ang mga apostol at propeta ay nagsulat ng iba’t ibang kalatas, at gumawa ng maraming propesiya. Kalaunan, pumili ang mga tao ng ilan sa mga ito upang ilagay sa Bibliya, at ang ilan ay nawala. Dahil may mga taong nagsasabi na ang lahat ng kanilang sinabi ay nagmula sa Banal na Espiritu, bakit itinuturing na mabuti ang ilan sa mga ito, at ang ilan ay itinuturing na masama? At bakit napili ang ilan at hindi ang iba? Kung ang mga ito ay talagang mga salitang sinabi ng

Banal na Espiritu, kailangan pa bang mamili ng mga tao sa mga ito? Bakit ang mga salaysay ng mga salitang sinabi ni Jesus at ng Kanyang mga ginawang gawain ay magkakaiba sa Apat na Ebanghelyo? Hindi ba ito pagkakamali ng mga nagtala nito? Ang ibang tao ay magtatanong, “Yamang ang mga kalatas na isinulat ni Pablo at ng iba pang mga may-akda ng Bagong Tipan at ang gawaing isinagawa nila ay bahagyang nagmula sa kalooban ng tao, at nahaluan ng mga kuru-kuro ng tao, wala bang bahid ng karumihan ng tao ang mga salitang ipinapahayag Mo (ang Diyos) ngayon? Hindi ba talaga nagtataglay ang mga ito ng mga kuru-kuro ng tao?” Ang yugtong ito ng gawaing ginagawa ng Diyos ay ganap na iba mula sa ginawa ni Pablo at ng maraming apostol at propeta. Hindi lamang may pagkakaiba sa pagkakakilanlan, kundi pangunahing mayroong pagkakaiba sa gawaing isinasakatuparan. Matapos pabagsakin at sumubsob si Pablo sa harap ng Panginoon, pinangunahan siya ng Banal na Espiritu upang gumawa, at siya ay naging sugo. At kaya sumulat siya ng mga liham sa mga iglesia, at ang lahat ng liham na ito ay sumunod sa mga turo ni Jesus. Si Pablo ay isinugo ng Panginoon upang gumawa sa ngalan ng Panginoong Jesus, ngunit nang dumating ang Diyos Mismo, hindi Siya gumawa sa anumang pangalan, at walang ibang kinatawan kundi ang Espiritu ng Diyos sa Kanyang gawain. Dumating ang Diyos upang direktang isagawa ang Kanyang gawain: Hindi Siya ginawang perpekto ng tao, at ang Kanyang gawain ay hindi isinakatuparan ayon sa mga aral ng sinumang tao. Sa yugtong ito ng gawain, hindi nangunguna ang Diyos sa pamamagitan ng pagpapahayag ng Kanyang mga sariling karanasan, sa halip ay direktang isinasagawa ang Kanyang gawain, ayon sa kung ano ang mayroon Siya. Halimbawa, ang pagsubok sa mga tagapagsilbi, ang panahon ng pagkastigo, ang pagsubok ng kamatayan, ang panahon ng pagmamahal sa Diyos.... Lahat ng ito ay gawaing hindi pa nagawa noon, at gawain sa kasalukuyang kapanahunan, sa halip na mga karanasan ng tao. Sa mga salitang Aking nasabi, alin ang mga karanasan ng tao? Hindi ba’t ang mga ito ay lahat direktang nagmumula sa Espiritu, at hindi ba’t ipinadala ng Espiritu ang mga ito? Napakahina lamang ng iyong kakayahan kaya hindi mo maaninag ang katotohanan! Ang praktikal na daan ng buhay na Aking sinasabi ay ang gabayan ang landas, at hindi pa kailanman nasabi noon ninuman, ni naranasan ninuman ang landas na ito, o nalaman ang realidad na ito. Bago Ko binigkas ang mga salitang ito, hindi pa ito nasabi ninuman. Wala pang sinuman ang nakapagsalita ng ganoong mga karanasan, ni nakapagsabi kailanman ng mga ganoong detalye, at higit pa rito, wala pang nakapagturo sa ganoong mga kalagayan upang ibunyag ang mga bagay na ito. Walang sinuman ang nanguna kailanman sa landas na Aking pinangungunahan ngayon, at kung ito ay pinangunahan ng tao, hindi ito magiging bagong daan. Halimbawa na lang ay sina Pablo at Pedro. Wala silang sarili nilang mga karanasan bago nanguna si Jesus sa landas. Naranasan lang nila ang mga salitang sinabi ni Jesus at ang landas na pinangunahan Niya matapos pangunahan ni Jesus ang landas; mula rito ay nagkaroon sila ng maraming karanasan, at sinulat ang mga liham. Kaya, ang mga karanasan ng tao ay hindi katulad ng gawain ng Diyos, at ang gawain

ng Diyos ay hindi katulad ng kaalamang inilalarawan ng mga kuru-kuro at karanasan ng tao. Sinabi Ko na nang paulit-ulit, na bagong landas ang tinatahak Ko ngayon, at gumagawa Ako ng bagong gawain, at ang Aking gawain at mga pahayag ay iba kay Juan at sa lahat ng iba pang mga propeta. Hindi Ako kailanman magkakamit muna ng mga karanasan at saka ipapahayag ang mga ito sa inyo—hindi ganyan ang kaso ni anuman. Kung nagkagayon, hindi ba naantala na sana kayo nito noon pa? Noon, ang kaalaman na sinabi ng marami ay ginawang dakila rin, ngunit ang lahat ng kanilang mga salita ay sinabi lamang batay sa mga tinatawag na kilalang espirituwal na tao. Hindi sila gumabay sa daan, kundi nagmula sa kanilang mga karanasan, nagmula sa kanilang mga nakita, at mula sa kanilang kaalaman. Ang ilan ay mula sa kanilang mga kuru-kuro, at ang iba ay binubuo ng karanasan na kanilang ibinuod. Ngayon, ang kalikasan ng Aking gawain ay lubos na iba sa kanila. Hindi Ko naranasan na pangunahan ng iba, ni natanggap na gawing perpekto ng iba. Bukod pa rito, ang lahat ng Aking sinabi at ibinahagi ay hindi tulad ng sa kanino man, at hindi pa nasabi ninuman. Ngayon, kahit na sino man kayo, ang inyong gawain ay isinasakatuparan batay sa mga salitang Aking sinasabi. Kung wala ang mga pahayag at ang gawaing ito, sino ang magagawang maranasan ang mga bagay na ito (ang pagsubok sa mga tagapagsilbi, ang panahon ng pagkastigo...), at sino ang magagawang magpahayag ng ganoong kaalaman? Wala ka ba talagang kakayahang makita ito? Anuman ang hakbang ng gawain, sa sandaling sinabi ang mga salita Ko, nagsisimula kayong magbahagi ayon sa Aking mga salita, at gumawa ayon sa mga ito, at hindi ito isang paraan na naisip ninuman sa inyo. Matapos makarating sa ganito kalayo, hindi mo pa rin ba kayang makita ang ganoon kalinaw at kasimpleng tanong? Hindi ito isang paraan na naisip ng isang tao, ni batay sa sinumang kilalang espirituwal na tao. Ito ay isang bagong landas, at maging ang marami sa mga salitang sinabi ni Jesus noon ay hindi na naaangkop. Ang Aking sinasabi ay ang gawain ng pagbubukas ng bagong panahon, at ito ay gawaing nakatayo nang mag-isa; ang gawaing Aking ginagawa, at ang mga salitang Aking sinasabi, ay lahat bago. Hindi ba't ito ang bagong gawain ngayon? Ganito rin ang gawain ni Jesus. Ang Kanyang gawain ay iba rin sa gawain ng mga tao sa templo, at iba rin sa gawain ng mga Pariseo, at wala rin itong pagkakatulad sa ginawa ng lahat ng tao sa Israel. Matapos itong masaksihan, hindi makapagpasya ang mga tao: “Ginawa ba talaga ito ng Diyos?” Hindi kumapit si Jesus sa kautusan ni Jehova; nang Siya ay dumating upang turuan ang tao, ang lahat ng Kanyang sinambit ay bago at iba sa mga sinabi ng mga sinaunang banal at propeta sa Lumang Tipan, at dahil dito, nanatiling hindi sigurado ang mga tao. Ito ang dahilan kung bakit mahirap makitungo sa tao. Bago pa man tanggapin ang bagong yugtong ito ng gawain, ang landas na tinahak ng karamihan sa inyo ay ang magsagawa at pumasok sa saligan ng yaong mga kilalang espirituwal na tao. Ngunit ngayon, ang gawaing Aking ginagawa ay ibang-iba, kaya hindi kayo makapagpasya kung ito ba ay tama o hindi. Wala Akong pakialam kung ano ang landas na iyong tinahak noon, hindi rin Ako interesado kung kaninong “pagkain” ang iyong kinain, o kung sino ang itinuring mong

“ama.” Dahil Ako ay naparito at nagdala ng bagong gawain upang gabayan ang tao, ang lahat ng sumusunod sa Akin ay dapat kumilos ayon sa Aking sinasabi. Gaano man kalaki ang kapangyarihan ng “pamilya” na iyong pinanggalingan, kailangan mo Akong sundin, hindi ka dapat kumilos ayon sa mga dati mong pagsasagawa, dapat magbitiw ang iyong “ama-amahan”, at dapat kang lumapit sa harap ng iyong Diyos upang hanapin ang bahaging nararapat para sa iyo. Ang kabuuan mo ay nasa Aking mga kamay, at hindi ka dapat maglaan ng sobra-sobrang bulag na paniniwala sa ama-amahan mo; hindi ka niya lubusang makokontrol. Ang gawain ngayon ay nakatayo nang mag-isa. Ang lahat ng sinasabi Ko ngayon ay maliwanag na hindi batay sa saligan mula sa nakaraan; ito ay isang bagong simula, at kung iyong sasabihin na ito ay nilikha ng kamay ng tao, masyado ka nang bulag at hindi na maliligtas!

Sina Isaias, Ezekiel, Moises, David, Abraham, at Daniel ay mga pinuno o mga propeta sa mga hinirang na tao sa Israel. Bakit hindi sila tinawag na Diyos? Bakit hindi nagpatotoo ang Banal na Espiritu sa kanila? Bakit nagpatotoo agad ang Banal na Espiritu kay Jesus nang sandaling sinimulan Niya ang Kanyang gawain at sinimulang ipahayag ng Kanyang mga salita? At bakit hindi nagpatotoo ang Banal na Espiritu para sa iba? Silang lahat na mga taong gawa sa laman ay tinawag na “Panginoon.” Anuman ang itinawag sa kanila, ang kanilang gawain ang kumakatawan sa kanilang diwa at sa kung ano sila, at ang kanilang diwa at kung ano sila ang kumakatawan sa kanilang pagkakakilanlan. Ang kanilang diwa ay walang kaugnayan sa kanilang katawagan; ito ay kinakatawan ng kanilang ipinahayag, at ng kanilang isinabuhay. Sa Lumang Tipan, walang hindi pangkaraniwan sa tawaging Panginoon, at maaaring tawagin ang isang tao na anuman, ngunit ang kanyang diwa at likas na pagkakakilanlan ay hindi nagbabago. Sa mga huwad na Cristo, huwad na propeta at mga manlilinlang, wala ba sa mga yaon ang tinatawag ding “Diyos”? At bakit hindi sila Diyos? Dahil wala silang kakayahan na isagawa ang gawain ng Diyos. Sa pinakaugat, sila’y mga tao, mga manlilinlang ng mga tao, at hindi Diyos, kaya wala sa kanila ang pagkakakilanlan ng Diyos. Hindi ba’t tinawag din si David na Panginoon ng labindalawang tribo? Si Jesus ay tinawag ding Panginoon; bakit si Jesus lamang ang tinawag na nagkatawang-taong Diyos? Hindi ba’t kilala rin bilang Anak ng tao si Jeremias? At hindi ba’t si Jesus ay kilala rin bilang Anak ng tao? Bakit ipinako sa krus si Jesus sa ngalan ng Diyos? Hindi ba’t dahil iba ang Kanyang diwa? Hindi ba’t dahil iba ang gawaing Kanyang isinagawa? Mahalaga ba ang titulo? Bagama’t si Jesus ay tinawag ding Anak ng tao, Siya ang unang pagkakatawang-tao ng Diyos, dumating Siya upang magkaroon ng kapangyarihan, at tuparin ang gawain ng pagtubos. Pinatutunayan nito na ang pagkakakilanlan at diwa ni Jesus ay naiiba sa ibang tinawag ding Anak ng tao. Ngayon, sino sa inyo ang nangangahas na magsabi na ang lahat ng salitang sinabi ng mga ginamit ng Banal na Espiritu ay mula sa Banal na Espiritu? Mayroon bang nangangahas sabihin ang gayong mga bagay? Kung sinasabi mo nga ang gayong mga bagay, bakit iwinaksi ang aklat ng propesiya ni Ezra, at bakit ganoon din ang ginawa sa mga aklat ng mga sinaunang banal at propeta? Kung ang

lahat ng iyon ay mula sa Banal na Espiritu, bakit kayo nangangahas gumawa ng ganoong mga pabago-bagong pagpili? Karapat-dapat ka bang pumili ng gawain ng Banal na Espiritu? Marami ring kwento mula sa Israel ang iwinaksi. At kung naniniwala kang ang mga kasulatang ito mula sa nakaraan ay pawang mula sa Banal na Espiritu, kung gayon bakit iwinaksi ang ilan sa mga aklat? Kung ang lahat ng ito ay mula sa Banal na Espiritu, ang lahat ng ito ay dapat pinanatili, at ipinadala sa mga kapatid sa mga iglesia upang basahin. Hindi dapat pinili at iwinaksi ang mga ito batay sa kagustuhan ng tao; mali ang gawin iyon. Ang pagsasabi na ang mga karanasan nina Pablo at Juan ay nahaluan ng kanilang mga sariling kabatiran ay hindi nangangahulugan na ang kanilang mga karanasan at kaalaman ay nagmula kay Satanas, kundi na mayroon lamang silang mga bagay na nagmula sa kanilang mga sariling karanasan at kabatiran. Ang kanilang kaalaman ay ayon sa nangyari sa kanilang mga aktwal na karanasan noong panahong iyon, at sino ang siguradong makapagsasabi na nagmula ang lahat ng ito sa Banal na Espiritu? Kung nagmula sa Banal na Espiritu ang lahat ng Apat na Ebanghelyo, bakit magkakaiba ang sinabi nina Mateo, Marcos, Lucas, at Juan tungkol sa gawain ni Jesus? Kung hindi kayo naniniwala rito, tingnan ninyo ang mga tala sa Bibliya kung paanong tatlong beses na itinanggi ni Pedro ang Panginoon: Magkakaiba ang lahat ng ito, at bawat isa ay mayroong kanya-kanyang mga katangian. Maraming mangmang ang nagsasabing, “Ang Diyos na nagkatawang-tao ay isa ring tao, kaya ang mga salita ba na Kanyang sinasabi ay maaaring ganap na mula sa Banal na Espiritu? Kung ang mga salita nina Pablo at Juan ay nahaluan ng kalooban ng tao, ang mga salita bang Kanyang sinasabi ay hindi talaga nahaluan ng kalooban ng tao?” Ang mga taong nagsasabi ng ganoong bagay ay mga bulag at mangmang! Basahin ninyo nang mabuti ang Apat na Ebanghelyo; basahin ninyo kung ano ang kanilang itinala tungkol sa mga bagay na ginawa ni Jesus, at ang mga salitang sinabi Niya. Ang bawat ulat ay talagang magkakaiba, at ang bawat isa ay mayroong sarili nitong pananaw. Kung ang isinulat ng mga may-akda ng mga aklat na ito ay nagmula lahat sa Banal na Espiritu, dapat magkakatulad at hindi pabago-bago ang lahat ng ito. Kaya bakit mayroong mga pagkakaiba? Hindi ba lubhang hangal ang mga tao para hindi ito makita? Kung hihingin sa iyo na magpatotoo sa Diyos, anong uri ng patotoo ang iyong maibibigay? Ang ganoong paraan ba ng pagkakilala sa Diyos ay makapagpapatotoo sa Kanya? Kung tatanungin ka ng iba, “Kung ang mga tala nina Juan at Lucas ay may kahalang kalooban ng tao, ang mga salita bang sinabi ng inyong Diyos ay hindi nahaluan ng kalooban ng tao?” makapagbibigay ka ba ng malinaw na kasagutan? Matapos marinig nina Lucas at Mateo ang mga salita ni Jesus, at makita ang gawain ni Jesus, nangusap sila tungkol sa kanilang sariling kaalaman, dinetalye nila sa kanilang mga paggunita ang ilan sa mga katunayan sa gawaing ginawa ni Jesus. Masasabi mo bang ang kanilang kaalaman ay lubos na inihayag ng Banal na Espiritu? Sa labas ng Bibliya, maraming kilalang espirituwal na tao na mayroong mas mataas na kaalaman kaysa sa kanila; kaya bakit hindi tinanggap ng mga sumunod na salinlahi ang kanilang mga salita? Hindi ba’t ginamit din sila ng Banal na Espiritu?

Dapat mong malaman na sa gawain ngayon, hindi Ako nangungusap tungkol sa Aking kabitiran batay sa saligan ng gawain ni Jesus, at hindi rin Ako nangungusap tungkol sa Aking sariling kaalaman kumpara sa nangyari noong gawain ni Jesus. Anong gawain ang isinagawa ni Jesus sa panahong iyon? At ano ang gawaing Aking isinasagawa ngayon? Walang pamamarisan ang Aking ginagawa o sinasabi. Ang landas na Aking tinatahak ngayon ay hindi pa natahak noon, walang sinuman mula sa nakalipas na panahon at salinlahi ang tumahak dito. Ngayon, ito ay nabuksan, at hindi ba ito ang gawain ng Espiritu? Bagama't gawain ito ng Banal na Espiritu, isinakatuparan ng lahat ng mga pinuno noong nakaraan ang kanilang gawain batay sa saligan ng iba; subalit, ang gawain ng Diyos Mismo ay naiiba. Ang yugto ng gawain ni Jesus ay kapareho: Nagpasimula Siya ng bagong daan. Nang dumating Siya, nangaral Siya ng ebanghelyo ng kaharian ng langit, at sinabi na dapat magsisi at mangumpisal ang tao. Nang matapos ni Jesus ang Kanyang gawain, sinimulang ipagpatuloy nina Pedro at Pablo at ng iba pa ang gawain ni Jesus. Pagkatapos na maipako si Jesus sa krus at umakyat sa langit, isinugo sila ng Espiritu upang ipalaganap ang daan ng krus. Bagama't dinakila ang mga salita ni Pablo, ang mga ito ay batay rin sa saligang inilatag ng sinabi ni Jesus, katulad ng pagtitiis, pag-ibig, pagdurusa, pagtatakip ng ulo, pagbabautismo, o iba pang mga doktrina na dapat sundin. Ang lahat ng ito ay sinabi batay sa saligan ng mga salita ni Jesus. Wala silang kakayahan na magbukas ng bagong daan, dahil lahat sila ay mga taong ginamit ng Diyos.

Ang mga pagbigkas at gawain ni Jesus sa panahong iyon ay hindi pinanghawakan ang mga doktrina, at hindi Niya isinagawa ang Kanyang gawain ayon sa gawain ng kautusan ng Lumang Tipan. Ito ay isinagawa ayon sa gawain na dapat isagawa sa Kapanahunan ng Biyaya. Gumawa Siya ayon sa gawaing Kanyang inilahad, ayon sa sarili Niyang plano, at ayon sa Kanyang ministeryo; hindi Siya gumawa ayon sa kautusan ng Lumang Tipan. Wala sa Kanyang mga ginawa ang ayon sa kautusan ng Lumang Tipan, at hindi Siya dumating para gumawa upang tuparin ang mga salita ng mga propeta. Ang bawat yugto ng gawain ng Diyos ay hindi ginawa para lamang tuparin ang mga hula ng mga sinaunang propeta, at hindi Siya pumarito upang sumunod sa mga doktrina o kusang isakatuparan ang mga hula ng mga sinaunang propeta. Gayunpaman, hindi ginambala ng Kanyang mga kilos ang mga hula ng mga sinaunang propeta, ni ginulo ang gawain na nauna na Niyang naisagawa. Ang kapansin-pansing bahagi ng Kanyang gawain ay hindi ang pagsunod sa anumang doktrina, at sa halip ay ang paggawa ng gawain na Siya Mismo ang dapat gumawa. Hindi Siya isang propeta o manghuhula, kundi isang tagagawa, na sa katunayan ay pumarito upang isagawa ang gawaing dapat Niyang gawin, at pumarito upang magbukas ng bagong panahon at isakatuparan ang Kanyang bagong gawain. Siyempre, nang dumating si Jesus upang isagawa ang Kanyang gawain, tinupad Niya rin ang marami sa mga salita na sinabi ng mga sinaunang propeta sa Lumang Tipan. Gayon din tinupad ng gawain ngayon ang mga propesiya ng mga sinaunang propeta ng Lumang Tipan. Hindi Ko lang itinataguyod ang "lumang

almanak,” iyon lang. Sapagkat marami pang gawain ang kailangan Kong isagawa, marami pang mga salita ang dapat Kong sabihin sa inyo, at ang gawain at mga salitang ito ay higit na mahalaga kaysa sa pagpapaliwanag ng mga talata mula sa Bibliya, dahil ang gawaing gaya noon ay walang malaking kabuluhan o halaga para sa inyo, at hindi kayo matutulungan o mababago. Nilalayon Kong gumawa ng bagong gawain hindi para tuparin ang anumang talata mula sa Bibliya. Kung dumating lang ang Diyos sa lupa upang tuparin ang mga salita ng mga sinaunang propeta sa Bibliya, sino ang mas dakila, ang Diyos na nagkatawang-tao o ang mga sinaunang propeta? Matapos ang lahat, ang mga propeta ba ang namumuno sa Diyos, o ang Diyos ang namumuno sa mga propeta? Paano mo ipaliliwanag ang mga salitang ito?

Sa simula, nang hindi pa nasisimulan ni Jesus ang opisyal na pagsasagawa ng Kanyang ministryo, katulad ng mga disipulong sumunod sa Kanya, minsan ay dumalo rin Siya sa mga pagtitipon, at umawit ng mga himno, nagbigay ng papuri, at binasa ang Lumang Tipan sa templo. Matapos Siyang mabautismuhan at umahon, ang Espiritu ay opisyal na bumaba sa Kanya at nagsimulang gumawa, ibinubunyag ang Kanyang pagkakakilanlan at ang ministryo na isasagawa Niya. Bago ito, walang nakakaalam sa Kanyang pagkakakilanlan, at maliban kay Maria, maging si Juan ay hindi rin ito alam. Si Jesus ay 29 nang Siya ay bautismuhan. Nang matapos ang Kanyang bautismo, bumukas ang kalangitan, at isang tinig ang nagsabi: “Ito ang sinisinta Kong Anak, na Siya Kong lubos na kinalulugdan.” Nang nabautismuhan na si Jesus, nagsimulang magpatotoo ang Banal na Espiritu sa Kanya sa ganitong paraan. Bago Siya mabautismuhan sa gulang na 29, namuhay Siya na parang isang normal na tao, kumakain kung kailan Siya dapat kumain, normal na natutulog at nagbibihis, at walang anuman sa Kanya ang naiiba sa ibang tao, bagama’t siyempre, ito ay sa mga makalamang paningin lang ng tao. Minsan ay mahina rin Siya, at minsan ay hindi rin Niya mabatid ang mga bagay, katulad ng nakasulat sa Bibliya: Ang Kanyang katalinuhan ay lumawig kasabay ng Kanyang edad. Ang mga salitang ito ay nagpapakita lamang na nagkaroon Siya ng karaniwan at normal na pagkatao, at na hindi Siya bukod-tanging naiiba sa ibang normal na mga tao. Siya ay lumaki rin bilang isang karaniwang tao, at walang natatangi sa Kanya. Ngunit Siya ay nasa ilalim ng pangangalaga at pag-iingat ng Diyos. Matapos mabautismuhan, nagsimula Siyang matukso, at pagkatapos ay sinimulan Niyang gampanan ang Kanyang ministryo at gumawa, at nagtaglay ng kapangyarihan, karunungan, at awtoridad. Hindi ito nangangahulugang hindi kumilos sa Kanya ang Banal na Espiritu bago ang Kanyang bautismo, o wala sa Kanya. Bago ang Kanyang bautismo, nanahan sa Kanya ang Banal na Espiritu ngunit hindi pa opisyal na nagsimulang gumawa, dahil may mga limitasyon kung kailan ginagawa ng Diyos ang Kanyang gawain, at bukod dito, ang mga karaniwang tao ay may karaniwang paraan ng paglaki. Ang Banal na Espiritu ay palaging nananahan sa Kanya. Nang isinilang si Jesus, kakaiba Siya sa iba, at lumabas ang isang tala sa umaga; bago Siya isilang, nagpakita ang isang anghel kay Jose sa isang panaginip at sinabi sa Kanya na manganganak si Maria ng isang sanggol na lalaki, at ang sanggol

na iyon ay ipinaglihi ng Banal na Espiritu. Matapos mabautismuhan si Jesus, sinimulan ng Banal na Espiritu ang Kanyang gawain, ngunit hindi ito nangahulugan na bumaba lamang ang Banal na Espiritu kay Jesus. Ang kasabihan na bumaba sa Kanya ang Banal na Espiritu na parang isang kalapati ay tumutukoy sa opisyal na pagsisimula ng Kanyang ministeryo. Ang Espiritu ng Diyos ay nananahan na sa Kanya noon pa man, ngunit hindi pa Siya nagsisimulang gumawa, dahil hindi pa dumarating ang tamang panahon, at ang Espiritu ay hindi nagsimulang gumawa nang padalus-dalos. Ang Espiritu ay nagpatotoo sa Kanya sa pamamagitan ng bautismo. Nang Siya ay umahon mula sa tubig, nagsimulang opisyal na kumilos ang Espiritu sa Kanya, na nagpahiwatig na ang nagkatawang-taong laman ng Diyos ay nagsimula nang tuparin ang Kanyang ministeryo, at sinimulan na ang gawain ng pagtubos, ibig sabihin, ang Kapanahunan ng Biyaya ay opisyal nang nagsimula. Kaya, may oras para sa gawain ng Diyos, anuman ang ginagawa Niyang gawain. Matapos ang Kanyang bautismo, walang natatanging pagbabago kay Jesus; Siya ay nasa Kanyang orihinal na katawang-tao pa rin. Iyon lamang, sinimulan Niya ang Kanyang gawain at ibinunyag ang Kanyang pagkakakilanlan, at Siya ay puno ng awtoridad at kapangyarihan. Sa bagay na ito, Siya ay iba na mula sa dati. Iba na ang Kanyang pagkakakilanlan, na ibig sabihin ay mayroong malaking pagbabago sa Kanyang katayuan; ito ay ang patotoo ng Banal na Espiritu, at hindi ang gawaing isinagawa ng tao. Sa simula, hindi alam ng mga tao, at medyo nalaman lang nila nang nagpatotoo na ang Banal na Espiritu kay Jesus sa ganoong paraan. Kung nagsagawa ng dakilang gawain si Jesus bago magpatotoo ang Banal na Espiritu sa Kanya, ngunit wala ang patotoo ng Diyos Mismo, gaano man kadakila ang Kanyang gawain, hindi kailanman malalaman ng mga tao ang Kanyang pagkakakilanlan, dahil walang kakayahan ang mga mata ng tao na makita ito. Kung wala ang hakbang ng pagpapatotoo ng Banal na Espiritu, walang makakikilala sa Kanya bilang ang Diyos na nagkatawang-tao. Kung, matapos magpatotoo ng Banal na Espiritu sa Kanya, nagpatuloy si Jesus na gumawa sa parehong paraan, nang walang pagkakaiba, hindi ito magkakaroon ng ganoong epekto, at dito ay pangunahing ipinakita rin ang gawain ng Banal na Espiritu. Matapos magpatotoo ng Banal na Espiritu, kinailangang magpakita ang Banal na Espiritu Mismo, nang sa gayon ay malinaw mong mamalas na Siya ang Diyos, na nasa Kanya ang Espiritu ng Diyos; hindi mali ang patotoo ng Diyos, at mapatutunayan nito na ang Kanyang patotoo ay tama. Kung iisa ang Kanyang gawain bago at pagkatapos ng patotoo ng Banal na Espiritu, ang ministeryo Niya sa katawang-tao at ang gawain ng Banal na Espiritu ay hindi mabibigyang-diin, at sa gayon hindi magkakaroon ng kakayahan ang tao na makilala ang gawain ng Banal na Espiritu, dahil walang magiging malinaw na pagkakaiba. Matapos magpatotoo, kinailangang panindigan ng Banal na Espiritu ang patotoong ito, at kaya kinailangan Niyang ipamalas ang Kanyang karunungan at awtoridad sa pamamagitan ni Jesus, na naiiba sa nakaraan. Siyempre, hindi ito ang epekto ng bautismo—ang bautismo ay isang seremonya lang—iyon lamang, ang bautismo ang paraan upang maipakita na oras na upang isagawa ang

Kanyang ministryo. Ang ganoong gawain ay upang maipakita nang malinaw ang dakilang kapangyarihan ng Diyos, maipakita nang malinaw ang patotoo ng Banal na Espiritu, at pananagutan ng Banal na Espiritu ang patotoong ito hanggang sa pinakawakas. Bago isagawa ang Kanyang ministryo, nakinig din si Jesus sa mga turo, nangaral at nagpalaganap ng ebanghelyo sa iba't ibang lugar. Hindi Siya nagsagawa ng anumang dakilang gawain dahil hindi pa dumarating ang panahon upang isagawa Niya ang Kanyang ministryo, at dahil din mapagpakumbabang nagtago ang Diyos Mismo sa katawang-tao, at hindi nagsagawa ng anumang gawain hanggang dumating ang tamang panahon. Hindi Siya gumawa bago ang bautismo dahil sa dalawang dahilan: Una, dahil ang Banal na Espiritu ay hindi pa opisyal na bumababa sa Kanya upang gumawa (na ibig sabihin, hindi pa ipinagkakaloob ng Banal na Espiritu kay Jesus ang kapangyarihan at awtoridad upang isagawa ang ganoong gawain), at kahit na nalaman Niya ang Kanyang sariling pagkakakilanlan, hindi magagawa ni Jesus na isagawa ang gawain na nilayon Niyang gawin paglaon, at kakailanganin Niyang maghintay hanggang sa araw ng Kanyang bautismo. Ito ang panahon ng Diyos, at walang may kakayahang sumalungat dito, kahit na si Jesus Mismo; hindi kayang gambalain ni Jesus Mismo ang Kanyang sariling gawain. Siyempre, ito ang pagpapakumbaba ng Diyos, at ang kautusan din ng gawain ng Diyos; kung hindi gumawa ang Espiritu ng Diyos, walang makagagawa sa Kanyang gawain. Pangalawa, bago Siya nabautismuhan, Siya ay isang napakakaraniwan at ordinaryong tao lamang, at walang pinagkaiba sa iba pang mga karaniwan at ordinaryong tao; isa itong aspeto kung paanong ang Diyos na nagkatawang-tao ay hindi higit sa karaniwan. Hindi sinalungat ng Diyos na nagkatawang-tao ang mga pagsasaayos ng Espiritu ng Diyos; gumawa Siya sa maayos na paraan at nang napakanormal. Pagkatapos lang ng bautismo saka nagkaroon ng awtoridad at kapangyarihan ang Kanyang gawain. Na ang ibig sabihin, bagama't Siya ang Diyos na nagkatawang-tao, hindi Siya nagsagawa ng mga higit sa pangkaraniwang gawa, at lumaki Siya na katulad ng iba pang mga normal na tao. Kung nalaman agad ni Jesus ang Kanyang sariling pagkakakilanlan, nagsagawa ng mga dakilang gawain sa buong lupain bago ang Kanyang bautismo, at naging kakaiba sa normal na tao, ipinapakita ang sarili Niya bilang katangi-tangi, hindi lang magiging imposible para kay Juan na isagawa ang kanyang gawain, kundi hindi rin magkakaroon ng paraan upang masimulan ng Diyos ang susunod na yugto ng Kanyang gawain. Pinatunayan sana nito na ang ginawa ng Diyos ay naging mali, at sa tao, magmimistulang ang Espiritu ng Diyos at ang nagkatawang-taong laman ng Diyos ay hindi nagmula sa iisang pinanggalingan. Kaya, ang gawain ni Jesus na naitala sa Bibliya ay ang gawain na isinagawa matapos Siyang bautismuhan, ang gawaing isinagawa sa loob ng tatlong taon. Hindi naitala sa Bibliya ang Kanyang ginawa bago Siya mabautismuhan dahil hindi Niya isinagawa ang gawaing ito bago Siya mabautismuhan. Isa lang Siyang karaniwang tao, at kumatawan sa isang karaniwang tao; bago sinimulan ni Jesus na isagawa ang Kanyang ministryo, wala Siyang ipinagkaiba sa normal na mga tao, at walang nakikitang pagkakaiba sa Kanya ang ibang

tao. Nang si Jesus ay tumuntong sa gulang na 29 saka lamang Niya nalamang dumating Siya upang tapusin ang isang yugto ng gawain ng Diyos; bago noon, Siya Mismo ay hindi ito alam, dahil ang gawaing isinagawa ng Diyos ay hindi higit sa karaniwan. Nang dumalo Siya sa isang pagtitipon sa sinagoga noong Siya ay labindalawang taong gulang, hinahanap Siya ni Maria, at isang pangungusap lang ang Kanyang sinabi, sa parehong paraan ng kahit na sinumang bata: “Inay! Hindi mo ba alam na dapat Kong unahin ang kalooban ng Aking Ama kaysa sa lahat?” Siyempre, dahil Siya ay ipinaglihi ng Banal na Espiritu, hindi ba Siya magiging katangi-tangi sa isang paraan? Ngunit ang Kanyang pagiging katangi-tangi ay hindi nangahulugang Siya ay higit sa pangkaraniwan, kundi na minahal Niya lamang ang Diyos nang higit kaysa sa sinumang ibang bata. Kahit na Siya ay isang tao sa anyo, ang Kanyang diwa ay katangi-tangi pa rin at iba sa lahat. Ngunit pagkatapos lamang ng Kanyang bautismo saka Niya naramdaman ang pagkilos ng Banal na Espiritu sa Kanya, naramdaman na Siya ang Diyos Mismo. Noon lamang narating Niya ang gulang na 33 na talagang napagtanto Niyang nilayon isagawa ng Banal na Espiritu ang gawain ng pagpapapako sa krus sa pamamagitan Niya. Sa gulang na 32, nalaman Niya ang ilang panloob na katotohanan, gaya ng nakasulat sa Ebanghelyo ni Mateo: “At sumagot si Simon Pedro at sinabi, Ikaw ang Cristo, Ang anak ng Diyos na buhay” (Mateo 16:16), at “Mula ng panahong yao’y nagpasimulang ipinakilala ni Jesus sa Kaniyang mga alagad, na kinakailangang Siya’y pumaroon sa Jerusalem, at magbata ng maraming bagay sa matatanda at sa mga pangulong saserdote at sa mga eskriba, at Siya’y patayin, at muling ibangon sa ikatlong araw” (Mateo 16:21). Hindi Niya alam sa simula pa lang kung anong gawain ang Kanyang gagawin, kundi na sa isang tiyak na panahon. Hindi Niya ito ganap na alam nang Siya ay isinilang; unti-unting kumilos sa Kanya ang Banal na Espiritu, at mayroong proseso sa paggawa. Kung sa pinakasimula pa lang, nalaman na Niyang Siya ang Diyos, at si Cristo, at ang nagkatawang-taong Anak ng tao, na isasakatuparan Niya ang gawain ng pagpapapako sa krus, bakit hindi Siya gumawa noon pa? Bakit pagkatapos lamang Niyang sabihin sa Kanyang mga disipulo ang tungkol sa Kanyang ministeryo na nakaramdam si Jesus ng kalungkutan, at taimtim na nanalangin para rito? Bakit nagbukas ng daan si Juan para sa Kanya at binautismuhan Siya bago Niya naunawaan ang maraming bagay na hindi pa Niya nauunawaan? Pinatutunayan nito na ito ang gawain ng Diyos na nagkatawang-tao sa laman, at upang Kanyang maunawaan, at makamit, mayroong proseso, dahil Siya ang nagkatawang-taong laman ng Diyos, na ang gawain ay iba sa direktang ginawa ng Espiritu.

Ang bawat hakbang sa gawain ng Diyos ay sumusunod sa iisang agos, at kaya sa anim na libong taon ng plano ng pamamahala ng Diyos, ang bawat hakbang ay malapit na sinundan ng kasunod, mula sa pagkakatatag ng mundo hanggang sa kasalukuyan. Kung walang magbubukas ng daan, walang makasusunod; dahil may mga nakasunod, may mga nagbukas ng daan. Sa paraang ito, ang gawain ay naipasa, nang paisa-isang hakbang. Ang isang hakbang ay sinusundan ng isa pa, at kung walang magbubukas ng

daan, magiging imposible na simulan ang gawain, at walang magiging paraan ang Diyos upang sumulong sa Kanyang gawain. Walang hakbang ang sumasalungat sa iba, at ang bawat isa ay sumusunod sa iba na parang agos; ang lahat ng ito ay isinasagawa ng iisang Espiritu. Ngunit kung nagbukas man ng daan ang isang tao o ipinagpatuloy ang gawain ng isa pa, hindi ito ang tumutukoy ng kanilang pagkakakilanlan. Hindi ba tama ito? Si Juan ang nagbukas ng daan, at ipinagpatuloy ni Jesus ang kanyang gawain, kaya nagpapatunay ba ito na ang pagkakakilanlan ni Jesus ay mas mababa sa pagkakakilanlan ni Juan? Isinagawa ni Jehova ang Kanyang gawain bago si Jesus, masasabi mo ba na mas mataas si Jehova kaysa kay Jesus? Hindi mahalaga kung sila man ay nagbukas ng daan o nagpatuloy ng gawain ng iba; ang pinakamahalaga ay ang diwa ng kanilang gawain, at ang pagkakakilanlan na kinatawan nito. Hindi ba tama ito? Dahil nilayon ng Diyos na gumawa sa kalagitnaan ng tao, kinailangan Niyang iangat yaong mga kayang gawin ang gawain ng pagbubukas ng daan. Nang nagsimula pa lang na mangaral si Juan, kanyang sinabi, “Ihanda ninyo ang daan ng Panginoon, tuwirin ninyo ang Kaniyang mga landas.” “Mangagsisi kayo; sapagka’t malapit na ang kaharian ng langit.” Nangusap siya sa ganoong paraan mula sa pinakasimula, at bakit niya nasabi ang mga salitang ito? Sa pagkakasunud-sunod ng mga salitang ito, si Juan ang unang nangusap ng ebanghelyo sa kaharian ng langit, at si Jesus ang sumunod na nangusap. Ayon sa mga kuru-kuro ng tao, si Juan ang nagbukas ng bagong landas, kaya siyempre mas dakila si Juan kaysa kay Jesus. Ngunit hindi sinabi ni Juan na siya ang Cristo, at hindi nagpatotoo ang Diyos sa kanya bilang minamahal na Anak ng Diyos, kundi ginamit lang siya upang buksan at ihanda ang daan para sa Panginoon. Siya ang nagbukas ng daan para kay Jesus, ngunit hindi siya maaaring gumawa sa ngalan ni Jesus. Ang lahat ng gawain ng tao ay pinanatili rin ng Banal na Espiritu.

Sa kapanahunan ng Lumang Tipan, si Jehova ang nanguna sa daan, at kumatawan ang gawain ni Jehova sa buong kapanahunan ng Lumang Tipan, at sa lahat ng gawaing isinagawa sa Israel. Itinaguyod lang ni Moises ang gawaing ito sa lupa, at ang kanyang pagsisikap ay itinuturing na pakikipagtulungan ng tao. Sa panahong iyon, si Jehova ang nangusap, tumawag kay Moises, at itinaas Niya si Moises sa gitna ng mga tao ng Israel, at ginawa si Moises na pangunahan ang mga tao patungo sa ilang at papunta sa Canaan. Hindi ito gawain ni Moises mismo, kundi personal na iniutos ni Jehova, kaya si Moises ay hindi maaaring tawaging Diyos. Naglatag din si Moises ng kautusan, ngunit ang kautusang ito ay personal na iniatas ni Jehova. Iyon nga lamang, si Moises ang ipinagpahayag Niya nito. Gumawa rin si Jesus ng mga utos, at pinawalang-bisa ang mga kautusan sa Lumang Tipan at ibinigay ang mga utos para sa bagong kapanahunan. Bakit si Jesus ay Diyos Mismo? Dahil mayroong pagkakaiba. Sa panahong iyon, ang gawaing isinagawa ni Moises ay hindi kumatawan sa kapanahunan, ni nagbukas ng bagong daan; pinangasiwaan siya ni Jehova pasulong at ginamit lamang siya ng Diyos. Nang dumating si Jesus, nagsagawa na si Juan ng isang hakbang ng gawain ng pagbubukas ng daan, at nagsimula nang ipalaganap ang ebanghelyo ng

kaharian ng langit (sinimulan ito ng Banal na Espiritu). Nang dumating si Jesus, direkta Niyang isinagawa ang Kanyang sariling gawain, ngunit may malaking pagkakaiba sa Kanyang gawain at sa gawain ni Moises. Si Isaias ay nagpahayag din ng maraming propesiya, ngunit bakit hindi siya ang Diyos Mismo? Hindi nagpahayag ng maraming propesiya si Jesus, ngunit bakit Siya ang Diyos Mismo? Walang naglakas-loob na magsabi na ang gawain ni Jesus sa panahong iyon ay nagmulang lahat sa Banal na Espiritu, ni naglakas-loob na sabihin na lahat ng iyon ay nagmula sa kalooban ng tao, o na ito ay ganap na gawain ng Diyos Mismo. Walang paraan ang tao para suriin ang ganoong mga bagay. Maaaring sabihin na si Isaias ay nagsagawa ng ganoong gawain, at nagpahayag ng ganoong mga propesiya, at ang lahat ng ito ay nagmula sa Banal na Espiritu; hindi direktang nagmula ang mga ito kay Isaias mismo, kundi mga pahayag mula kay Jehova. Hindi nagsagawa ng maraming gawain si Jesus, at hindi nangusap ng maraming salita, ni nagpahayag Siya ng maraming propesiya. Para sa tao, ang Kanyang pangangaral ay hindi masyadong dakila, ngunit Siya ang Diyos Mismo, at hindi ito maipapaliwanag ng tao. Walang sinuman ang naniwala kay Juan, o kay Isaias, o kay David, ni walang sinuman ang tumawag sa kanila na Diyos, o Diyos na David, o Diyos na Juan; wala pang nagsabi ng ganoon, at si Jesus lang ang kailanman ay tinawag na Cristo. Ang pag-uuring ito ay ginawa ayon sa patotoo ng Diyos, sa isinagawa Niyang gawain, at sa ministryong Kanyang isinakatuparan. Kaugnay ng mga dakilang tao sa Bibliya—sina Abraham, David, Josue, Daniel, Isaias, Juan at Jesus—sa pamamagitan ng gawaing kanilang isinagawa, masasabi mo kung sino ang Diyos Mismo, at kung aling mga uri ng tao ang mga propeta at kung alin ang mga apostol. Kung sino ang ginamit ng Diyos, at kung sino ang Diyos Mismo, ay napagkaiba at natukoy sa pamamagitan ng kanilang diwa at ng uri ng gawain na kanilang isinagawa. Kung hindi mo kayang makita ang pagkakaiba, nagpapatunay ito na hindi mo alam ang kahulugan ng paniniwala sa Diyos. Si Jesus ay Diyos dahil nangusap Siya ng maraming salita, at nagsagawa ng maraming gawain, sa partikular ang pagpapamalas Niya ng maraming himala. Gayundin, si Juan ay nagsagawa rin ng maraming gawain, at nangusap ng maraming salita, gayundin si Moises; bakit hindi sila tinawag na Diyos? Si Adan ay direktang nilikha ng Diyos; bakit hindi Siya tinawag na Diyos, sa halip ay tinawag lang na nilalang? Kung may magsasabi sa iyo, “Ngayon, nagsagawa ng maraming gawain ang Diyos, at nangusap ng maraming salita; Siya ang Diyos Mismo. Samakatuwid, dapat ding Diyos Mismo si Moises dahil siya ay nangusap ng maraming salita!” dapat may ganting-tanong ka sa kanila, “Sa panahong iyon, bakit nagpatotoo ang Diyos kay Jesus, at hindi kay Juan, bilang Diyos Mismo? Hindi ba naunang dumating si Juan kaysa kay Jesus? Alin ang mas dakila, ang gawain ni Juan o ni Jesus? Para sa tao, nagmimistulang mas dakila ang gawain ni Juan kaysa kay Jesus, ngunit bakit nagpatotoo ang Banal na Espiritu kay Jesus at hindi kay Juan?” Pareho ang nangyayari sa ngayon! Noong panahong iyon, nang pinangunahan ni Moises ang mga tao sa Israel, nangusap si Jehova sa kanya mula sa mga ulap. Hindi direktang nangusap si Moises, kundi sa halip ay direkta siyang pinangunahan ni Jehova.

Ito ang gawain ng Israel sa Lumang Tipan. Wala kay Moises ang Espiritu, o kung ano ang Diyos. Hindi niya magagawa ang ganoong gawain, kaya mayroong malaking pagkakaiba sa pagitan ng gawaing kanyang ginawa at sa ginawa ni Jesus. At ito ay dahil ang isinagawa nilang gawain ay magkaiba! Kung ang isang tao ay ginamit ng Diyos, o isang propeta, o apostol, o ang Diyos Mismo, ito ay mababatid sa pamamagitan ng kalikasan ng kanyang gawain, at ito ang magwawakas sa iyong mga pagdududa. Nakasaad sa Bibliya na tanging ang Cordero ang makapagbubukas sa pitong tatak. Sa paglipas ng mga kapanahunan, marami sa mga dakilang tao na iyon ang naging tagapagpaliwanag ng mga banal na kasulatan, kaya masasabi mo bang lahat sila ay ang Cordero? Masasabi mo bang ang kanilang mga paliwanag ay mula lahat sa Diyos? Sila ay mga tagapagpaliwanag lang; wala silang pagkakakilanlan ng Cordero. Paano sila magiging karapat-dapat na magbukas ng pitong tatak? Totoo na “Tanging ang Cordero ang makapagbubukas ng pitong tatak,” ngunit hindi Siya pumarito upang buksan lamang ang pitong tatak; hindi kinakailangan ang gawaing ito, ginagawa ito nang walang kaugnayan. Siya ay ganap na malinaw tungkol sa Kanyang sariling gawain; kailangan ba Niyang maglaan ng maraming oras upang ipaliwanag ang mga banal na kasulatan? Kailangan bang idagdag “ang Kapanahunan ng Pagpapaliwanag ng Cordero sa mga Banal na Kasulatan” sa anim na libong taon ng gawain? Pumarito Siya upang magsagawa ng bagong gawain, ngunit nagbibigay din Siya ng mga pahayag tungkol sa gawain sa nakaraan, na ipinaunawa sa mga tao ang katotohanan ng anim na libong taong gawain. Hindi na kailangang ipaliwanag ang napakaraming sipi mula sa Bibliya; ang susi ay ang gawain ngayon, iyon ang mahalaga. Dapat mong malaman na hindi dumating ang Diyos para lamang magbukas ng pitong tatak, kundi upang isagawa ang gawain ng pagliligtas.

Ang alam mo lang ay bababa si Jesus sa mga huling araw, ngunit paano ba talaga Siya bababa? Ang isang makasalanang tulad mo, na katutubos pa lang, at hindi pa nabago, o nagawang perpekto ng Diyos, makakaayon ka ba ng puso ng Diyos? Para sa iyo, na ang dating ikaw pa rin, totoo na ikaw ay iniligtas ni Jesus, at na ikaw ay hindi itinuturing na isang makasalanang dahil sa pagliligtas ng Diyos, ngunit hindi ito nagpapatunay na ikaw ay hindi makasalanang, at hindi marumi. Paano ka magiging banal kung hindi ka pa nababago? Sa iyong kalooban, puno ka ng karumihan, sakim ka at masama, ngunit ninanais mo pa ring bumaba na kasama ni Jesus—hindi ka ganoon kasuwerte! Nalaktawan mo ang isang hakbang sa iyong pananalig sa Diyos: Natubos ka pa lang, ngunit hindi pa nabago. Para maging kaayon ka ng puso ng Diyos, kailangang ang Diyos Mismo ang gumawa ng gawain ng pagbabago at paglilinis sa iyo; kung ikaw ay tinubos lamang, wala kang kakayahang magtamo ng kabanalan. Dahil dito hindi ka magiging karapat-dapat na makibahagi sa magagandang biyaya ng Diyos, dahil nalaktawan mo ang isang hakbang sa gawain ng Diyos na pamamahala sa tao, na isang mahalagang hakbang sa pagbabago at pagperpekto. Kaya ikaw, na isang makasalanang katutubos pa lang, ay walang kakayahang direktang manahin ang pamana ng Diyos.

Kung wala ang pagsisimula ng bagong yugtong ito ng gawain, sino ang nakaaalam kung hanggang saan makararating kayong mga ebanghelista, mangangaral, tagapagpaliwanag, at tinatawag na mga dakilang espirituwal na tao! Kung wala ang pagsisimula ng bagong yugtong ito ng gawain, ang inyong sinasabi ay magiging lipas na! Ito ay kung hindi tungkol sa pag-akyat sa trono, ay paghahanda sa tayog ng pagiging hari; kung hindi pagtatanggi sa sarili ay pagsupil sa katawan ng isang tao; kung hindi pagiging matiisin ay pagkatuto ng mga aral mula sa lahat ng bagay; kung hindi pagpapakumbaba ay pag-ibig. Hindi ba't ito'y pag-uulit lang ng dati nang aral? Ito ay isang pagtawag lang sa parehong bagay ng ibang pangalan! Kung hindi pagtatakip sa ulo ng isang tao at paghahati ng tinapay, ay pagpapatong ng mga kamay at pagdarasal, at pagpapagaling ng maysakit at pagpapalayas ng mga demonyo. Magkakaroon ba ng anumang bagong gawain? Magkakaroon ba ng anumang posibilidad ng pag-unlad? Kung magpapatuloy kang manguna nang ganito, bulag kang susunod sa doktrina, o susunod sa nakaugalian. Naniniwala kayo na napakatayog ng inyong gawain, ngunit hindi ba ninyo alam na lahat ito ay ipinasa at itinuro ng "matatandang tao" na iyon noong sinaunang panahon? Hindi ba't ang lahat ng inyong sinasabi at ginagawa ay mga huling salita ng matatandang tao na iyon? Hindi ba't ang mga ito ang inutos ng matatandang tao na ito bago sila namatay? Sa tingin mo ba, nakahihigit ang inyong mga kilos sa mga kilos ng mga apostol at propeta sa mga nakaraang salinlahi, at nakahihigit pa sa lahat ng bagay? Ang simula ng yugtong ito ng gawain ay nagwakas sa inyong pagsamba sa gawain ni Witness Lee na paghahangad na maging hari at umakyat sa trono, at itinigil ang inyong kayabangan at maingay na pananalita, upang hindi kayo makapangialam sa yugtong ito ng gawain. Kung wala ang yugtong ito ng gawain, palalim nang palalim kayong lulubog hanggang sa hindi na kayo matutubos. Napakarami ng mga lipas na nasa inyo! Sa kabutihang-palad, ibinalik kayo ng gawain ngayon; kung hindi, sino ang nakakaalam kung saang landas kayo pupunta! Dahil ang Diyos ay ang Diyos na laging bago at hindi kailanman luma, bakit hindi ka naghahangad ng mga bagong bagay? Bakit ka laging nananatili sa mga lumang bagay? At kaya, ang pag-alam sa gawain ng Banal na Espiritu ngayon ang pinakamahalaga!

Tanging ang Nagawang Perpekto ang Makakapamuhay ng Makahulugang Buhay

Sa katotohanan, ang gawaing ginagawa ngayon ay upang talikdan ng mga tao si Satanas, ang kanilang sinaunang ninuno. Lahat ng paghatol sa pamamagitan ng salita ay naglalayong ilantad ang tiwaling disposisyon ng sangkatauhan at bigyang-kakayahan ang mga tao na maunawaan ang diwa ng buhay. Ang paulit-ulit na mga paghatol na ito ay tumatagos sa puso ng mga tao. Bawat paghatol ay tuwirang nauugnay sa kanilang kapalaran at naglalayong sugatan ang kanilang mga puso para kanilang mapakawalan

ang lahat ng bagay na iyon at nang sa gayon ay makilala ang buhay, makilala ang maruming mundong ito, makilala ang karunungan at pagka-makapangyarihan sa lahat ng Diyos, at makilala rin ang sangkatauhan na ginawang tiwali ni Satanas. Habang lalong tumatanggap ang sangkatauhan ng ganitong uri ng pagkastigo at paghatol, mas masusugatan ang puso ng tao at mas magiging ang kanyang espiritu. Ang paggising sa espiritu ng mga taong ito na napakatiwali at lubhang nalinlang ang mithiin ng ganitong uri ng paghatol. Ang tao ay walang espiritu, ibig sabihin, ang kanyang espiritu ay matagal nang namatay at hindi niya alam na may Langit, hindi niya alam na mayroong Diyos, at tiyak na hindi nalalamang siya ay nakikipagtunggali sa bangin ng kamatayan; paano niya malalaman na siya ay namumuhay sa loob nitong masamang impiyerno sa lupa? Paano niya malalaman na itong nabubulok na bangkay niya, sa pamamagitan ng katiwalian ni Satanas, ay nahulog tungo sa Hades ng kamatayan? Paano niya malalaman na ang lahat sa lupa ay matagal nang nawasak na hindi na maaayos ng sangkatauhan? At paano niya malalaman na ang Lumikha ay dumating sa lupa ngayon at naghahanap ng isang pangkat ng mga tiwaling tao na maaari Niyang iligtas? Kahit pagkatapos maranasan ng tao ang bawat posibleng pagpipino at paghatol, ang kanyang mapurol na kamalayan ay bahagya pa ring napupukaw at halos hindi tumutugon. Ang sangkatauhan ay nagpakasama-sama! At bagamat ang ganitong uri ng paghatol ay tulad ng mabagsik na yelong ulan na nahuhulog mula sa papawirin, mayroon itong pinakamalaking pakinabang sa tao. Kung hindi sa paghatol sa mga tao na gaya nito, hindi magkakaroon ng bunga at magiging ganap na imposible na iligtas ang mga tao mula sa bangin ng paghihirap. Kung hindi sa gawaing ito, magiging napakahirap para sa mga tao na lumabas mula sa Hades dahil ang kanilang mga puso ay matagal nang namatay at ang kanilang mga espiritu ay matagal nang niyurakan ni Satanas. Ang pagliligtas sa inyo na nalubog sa pinakamalalim na kalaliman ng pagkabulok ay nangangailangan ng pagtawag sa inyo nang buong lakas, paghatol sa inyo nang buong lakas, at saka lamang magiging posible na gisingin ang mga nanlalamig ninyong puso.

Ang inyong laman, ang inyong maluluhong pagnanais, ang inyong pagkagahaman, at ang inyong pagnanasa ay malalim na nakaugat sa inyo. Ang mga bagay na ito ay napakadalas na pumipigil sa inyong mga puso kaya kayo ay walang kapangyarihang iwaksi ang pamatok ng piyudal at nagpapasamang mga kaisipan na iyon. Hindi kayo naghahangad na baguhin ang inyong kasalukuyang sitwasyon, ni takasan ang impluwensiya ng kadiliman. Kayo ay nakatali lamang sa mga bagay na iyon. Kahit alam ninyong lahat na ang buhay na ito ay napakasakit at ang mundong ito ng mga tao ay napakadilim, magkagayon man, wala ni isa man sa inyo ang may tapang na baguhin ang inyong buhay. Nananabik lamang kayong takasan ang mga realidad ng buhay na ito, makamit ang pangingibabaw ng kaluluwa, at mamuhay sa isang mapayapa, masaya, at mistulang langit na kapaligiran. Hindi kayo handang magtiis ng mga paghihirap upang baguhin ang inyong kasalukuyang buhay; ni hindi kayo handang magsaliksik sa loob ng paghatol at pagkastigo na ito para sa buhay na dapat ninyong pasukin. Sa halip,

nangangarap kayo ng lubos na di-makatotohanang mga pangarap tungkol sa magandang mundong iyon sa kabilang buhay. Ang buhay na inyong pinananabikan ay iyong maaari ninyong makamit na walang pagod nang hindi nagdurusa ng anumang pasakit. Iyan ay ganap na di-makatotohanan! Dahil ang inyong inaasahan ay hindi ang mamuhay ng isang makabuluhang buhay sa laman at matamo ang katotohanan habambuhay, iyan ay, ang mabuhay para sa katotohanan at tumayo para sa katarungan. Hindi ito ang itinuturing ninyo na isang maningning at nakasisilaw na buhay. Nadarama ninyong ito ay hindi magiging isang kaakit-akit o makabuluhang buhay. Sa pananaw ninyo, ang mamuhay ng gayong buhay ay magiging parang kawalan ng katarungan! Kahit na tanggapin ninyo ang pagkastigong ito ngayon, gayunpaman ang inyong pinagsisikapan ay hindi ang matamo ang katotohanan o ipamuhay ang katotohanan sa kasalukuyan, bagkus ay ang magsimulang mamuhay nang masaya sa kabilang buhay kalaunan. Hindi kayo naghahanap sa katotohanan, ni hindi kayo naninindigan para sa katotohanan, at tiyak na hindi kayo nabubuhay para sa katotohanan. Hindi ninyo pinagsisikapan ang pagpasok ngayon, sa halip ay puno ang inyong mga iniisip ng tungkol sa bukas at ng kung ano ang mangyayari balang araw: Nakatingin kayo sa asul na papawirin, umiiyak ng mapapait na luha, at umaasang madadala sa langit balang araw. Hindi ba ninyo alam na ang paraan ninyo ng pag-iisip ay malayo sa realidad? Lagi ninyong iniisip na ang Tagapagligtas na may walang-hanggang kabaitan at habag ay walang dudang darating balang araw upang isama ka Niya, ikaw na nagtiis ng paghihirap at pagdurusa sa mundong ito, at na lulunasan Niya ang iyong mga hinaing at maghihiganti para sa iyo na nabiktima at naapi. Hindi ka ba puno ng kasalanan? Ikaw lamang ba ang nagdusa sa mundong ito? Ikaw mismo ay nahulog sa nasasakupan ni Satanas at nagdusa—kailangan pa rin ba talagang lunasan ng Diyos ang iyong mga hinaing? Sila na mga hindi kayang tumugon sa mga hinihingi ng Diyos—hindi ba't kaaway silang lahat ng Diyos? Sila na hindi naniniwala sa Diyos na nagkatawang-tao—hindi ba sila ang anticristo? Ano ang kabuluhan ng iyong mabubuting gawa? Mapapalitan ba ng mga ito ang isang pusong sumasamba sa Diyos? Hindi ka makakatanggap ng mga pagpapala ng Diyos sa pamamagitan lamang ng paggawa ng ilang mabubuting gawa, at hindi lulunasan ng Diyos ang iyong mga hinaing at hindi ka ipaghihiganti para sa mga kamaliang laban sa iyo dahil lamang sa ikaw ay nabiktima o naapi. Sila na mga naniniwala sa Diyos gayunman ay hindi kilala ang Diyos, ngunit gumagawa ng mabubuting gawa—hindi ba't kinastigo rin silang lahat? Naniniwala ka lamang sa Diyos, gusto mo lamang na itama at ipaghiganti ng Diyos ang mga kamalian laban sa iyo, at nais mo na ipagkaloob ng Diyos sa iyo ang araw mo, ang araw kung kailan ay maitataas mo na sa wakas ang iyong noo. Ngunit tumatanggi kang pag-ukulan ng pansin ang katotohanan at ni hindi ka nauuhaw na isabuhay ang katotohanan. Lalong hindi mo kayang takasan ang mahirap at hungkag na buhay na ito. Sa halip, habang ipinamumuhay ang iyong buhay sa laman at ang iyong buhay ng kasalanan, umaasa ka sa Diyos na itama ang iyong mga hinaing at alisin ang kalabuan sa iyong buhay. Ngunit posible ba ito? Kung taglay mo ang katotohanan,

makakasunod ka sa Diyos. Kung mayroon kang pagsasabuhay, maaari kang maging isang pagpapamalas ng salita ng Diyos. Kung mayroon kang buhay, maaari kang magtamasa ng pagpapala ng Diyos. Sila na nagtataglay ng katotohanan ay maaaring magtamasa ng pagpapala ng Diyos. Tinitiyak ng Diyos ang pagtutuwid para sa kanila na nagmamahal sa Kanya nang taos-puso at nagtitiis ng mga paghihirap at mga pagdurusa, ngunit hindi para doon sa mga nagmamahal lamang sa kanilang mga sarili at nabihag sa mga panlilinlang ni Satanas. Paano magkakaroon ng kabutihan sa kanila na hindi umiibig sa katotohanan? Paano magkakaroon ng katuwiran sa kanila na umiibig lamang sa laman? Hindi ba't ang katuwiran at kabutihan ay parehong binabanggit lamang kaugnay ng katotohanan? Hindi ba't nakalaan ang mga iyon para sa kanila na buong-pusong nagmamahal sa Diyos? Sila na hindi umiibig sa katotohanan at mga nabubulok na bangkay lamang—hindi ba ang lahat ng taong ito ay nagkakandili ng kasamaan? Sila na walang kakayahang ipamuhay ang katotohanan—hindi ba't lahat sila ay kaaway ng katotohanan? At ano naman kayo?

Kung matatakan mo ang mga impluwensyang ito ng kadiliman at maihihiwalay ang iyong sarili mula sa maruruming bagay na iyon, kung kaya mong maging banal, kung gayon ay magtatamo ka ng katotohanan. Hindi naman sa ang kalikasan mo ay nagbago, kundi nakakaya mong isabuhay ang katotohanan at nakakaya mong talikdan ang laman. Ito ang katangiang iyon na taglay ng mga nalinis na. Ang pangunahing layunin ng gawain ng paglupig ay linisin ang sangkatauhan upang matamo ng tao ang katotohanan, dahil kakatiting ang katotohanang nauunawaan ng tao! Ang paggawa ng gawain ng paglupig sa mga taong tulad nito ay may pinakamalalim na kabuluhan. Kayong lahat ay nahulog sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman at labis na nasaktan. Ang layunin ng gawaing ito, kung gayon, ay bigyang-kakayahan kayo na makilala ang kalikasan ng tao at sa pamamagitan noon ay maipamuhay ang katotohanan. Ang magawang perpekto ay isang bagay na dapat tanggapin ng lahat ng nilalang. Kung ang gawain ng yugtong ito ay kinapapalooban lamang ng pagpeperpekto sa mga tao, kung gayon maaari itong magawa sa Britain, o sa America, o sa Israel; maaari itong magawa sa mga tao ng anumang bansa. Ngunit ang gawain ng paglupig ay namimili. Ang unang hakbang ng gawain ng paglupig ay panandalian lamang; higit pa rito, ito ay gagamitin upang hiyain si Satanas at lupigin ang buong sansinukob. Ito ang panimulang gawain ng paglupig. Maaaring sabihin na sinumang nilalang na naniniwala sa Diyos ay magagawang perpekto dahil ang maging perpekto ay isang bagay na makakamit lamang pagkatapos ng mahabang-panahong pagbabago. Ngunit ang malupig ay iba. Ang ispesimen at modelo na lulupigin ay dapat na siyang pinakanahuhuli sa lahat, namumuhay sa pinakamalalim na kadiliman; sila dapat ang pinakamababa, ang pinakaayaw na kumilala sa Diyos, at ang pinakasuwail sa Diyos. Ito mismo ang uri ng tao na makakapagpatotoo sa pagkalupig. Ang pangunahing layunin ng gawain ng paglupig ay talunin si Satanas, habang ang pangunahing layunin ng pagpeperpekto sa mga tao ay ang magtamo ng mga tao. Isinagawa rito ang gawain ng paglupig, sa mga taong katulad ninyo, upang

bigyang-kakayahan ang mga tao na magkaroon ng patotoo pagkatapos na malupig. Ang layunin ay upang magpatotoo ang mga tao pagkatapos na malupig. Ang nalupig na mga taong ito ay gagamitin upang makamit ang layunin ng pagpapahiya kay Satanas. Kaya, ano ang pangunahing paraan ng paglupig? Pagkastigo, paghatol, pagsumpa, at pagbubunyag—gamit ang matuwid na disposisyon upang lupigin ang mga tao nang sa gayon sila ay lubusang mapapaniwala dahil sa matuwid na disposisyon ng Diyos. Ang gamitin ang realidad at awtoridad ng salita upang lupigin ang mga tao at lubusan silang mapaniwala—ito ang kahulugan ng pagkalupig. Sila na nagawa nang perpekto ay hindi lamang kayang magsagawa ng pagsunod pagkatapos na malupig, kundi nakakaya rin nilang magkaroon ng kaalaman sa gawain ng paghatol, baguhin ang kanilang disposisyon, at kilalanin ang Diyos. Nararanasan nila ang landas ng pagmamahal sa Diyos, at napupuspos ng katotohanan. Natututuhan nila kung paano danasin ang gawain ng Diyos, kayanin na magdusa para sa Diyos, at magkaroon ng kanilang sariling mga kalooban. Ang mga nagawang perpekto ay sila na may taglay na tunay na pagkaunawa ng katotohanan, salamat sa pagkakaranas ng salita ng Diyos. Ang mga nalupig ay sila na nakakaalam ng katotohanan ngunit hindi pa natatanggap ang tunay na kahulugan ng katotohanan. Pagkatapos malupig, sila ay sumusunod, ngunit ang lahat ng kanilang pagsunod ay bunga ng paghatol na kanilang tinanggap. Sila ay lubos na walang pagkaunawa sa tunay na kahulugan ng maraming katotohanan. Kinikilala nila ang katotohanan sa kanilang pagsasalita, ngunit hindi pa nila napasok ang katotohanan; nauunawaan nila ang katotohanan, ngunit hindi pa nila naranasan ang katotohanan. Ang isinasagawa sa kanila na ginagawang perpekto ay kinapapalooban ng mga pagkastigo at mga paghatol, kasama ang pagkakaloob ng buhay. Ang isang tao na nagpapahalaga sa pagpasok sa katotohanan ay isang tao na gagawing perpekto. Ang pagkakaiba sa pagitan ng mga gagawing perpekto at ng mga lulupigin ay nakasalalay sa pagpasok nila sa katotohanan. Silang mga nagawang perpekto ay nakakaunawa sa katotohanan, nakapasok sa katotohanan, at ipinamumuhay ang katotohanan; sila na hindi nakakaunawa sa katotohanan at hindi pumapasok sa katotohanan, ibig sabihin, sila na hindi ipinamumuhay ang katotohanan, ay mga tao na hindi maaaring magawang perpekto. Kung nakakaya ngayon ng mga taong tulad nito na sumunod nang ganap, kung gayon sila ay nalupig. Kung ang nalupig ay hindi naghahanap sa katotohanan—kung sumusunod sila ngunit hindi ipinamumuhay ang katotohanan, kung nakikita nila at naririnig ang katotohanan ngunit hindi pinahahalagahan ang pamumuhay ng katotohanan—kung gayon ay hindi sila maaaring magawang perpekto. Ang mga taong gagawing perpekto ay nagsasagawa ng katotohanan ayon sa mga hinihingi ng Diyos sa landas tungo sa pagkaperpekto. Sa pamamagitan nito, tinutupad nila ang kalooban ng Diyos, at sila ay nagagawang perpekto. Sinumang sumusunod hanggang sa wakas bago matapos ang gawain ng paglupig ay isang nalupig, ngunit hindi masasabing siya ay ginawang perpekto. “Ang mga nagawang perpekto” ay tumutukoy sa kanila na kayang magsumikap para sa katotohanan at makamit ng Diyos pagkatapos ng gawain ng paglupig. Tumutukoy ito sa

kanila na tumatayong matatag sa kapighatian at isinasabuhay ang katotohanan makalipas ang pagtatapos ng gawain ng paglupig. Ang pagkakaiba ng pagkalupig mula sa pagiging nagawang perpekto ay pagkakaiba sa mga hakbang ng paggawa at pagkakaiba sa antas ng pag-unawa at pagpasok ng mga tao sa katotohanan. Silang lahat na wala sa landas tungo sa pagpeperpekto, ibig sabihin sila na hindi nagtataglay ng katotohanan, sa kahuli-hulihan ay maaalis pa rin. Tanging sila lamang na may angking katotohanan at ipinamumuhay ang katotohanan ang maaaring ganap na makamit ng Diyos. Ibig sabihin, sila na nagsasabuhay ng larawan ni Pedro ay ang mga nagawang perpekto, samantalang lahat ng iba ay mga nalupig. Ang isinasagawa sa kanilang lahat na nilulupig ay binubuo lamang ng mga pagsumpa, pagkastigo, at pagpapakita ng poot, at ang dumarating sa kanila ay katuwiran at mga sumpa. Ang paggawa sa gayong tao ay ang magbunyag nang walang seremonya o paggalang—ang magbunyag ng tiwaling disposisyon sa kalooban nila nang sa gayon ay makilala nila ito sa kanilang sarili at lubusang mapapaniwala. Sa sandaling ang tao ay nagiging ganap na masunurin, ang gawain ng paglupig ay nagtatapos. Kahit na ang karamihan sa mga tao ay hindi pa rin naghahangad na maunawaan ang katotohanan, ang gawain ng paglupig ay matatapos.

Mayroong mga pamantayang kailangang maabot kung ikaw ay gagawing perpekto. Sa pamamagitan ng iyong pagpapasya, ng iyong pagtitiyaga, at ng iyong konsensya, at sa pamamagitan ng iyong pagsisikap, makakaya mong maranasan ang buhay at mapalugod ang kalooban ng Diyos. Ito ang iyong pagpasok, at ang mga ito ang mga kinakailangan sa landas tungo sa pagpeperpekto. Ang gawain ng pagpeperpekto ay maaaring magawa sa lahat ng tao. Ang sinumang naghahangad sa Diyos ay maaaring mapeperpekto at mayroong pagkakataon at mga kwalipikasyon na mapeperpekto. Walang tiyak na panuntunan dito. Ang pangunahing batayan kung mapeperpekto ang isang tao ay kung ano ang kanyang pinagsisikapan. Ang mga tao na umiibig sa katotohanan at nagagawang ipamuhay ang katotohanan ay tiyak na may kakayahang mapeperpekto. Ang mga tao na hindi umiibig sa katotohanan ay hindi pinupuri ng Diyos; sila ay hindi nagtataglay ng buhay na hinihingi ng Diyos, at hindi sila mapeperpekto. Ang gawain ng pagperpekto ay para lamang sa pagkakamit ng mga tao at hindi bahagi ng gawain ng pakikipaglaban kay Satanas; ang gawain ng paglupig ay para lamang sa pakikipaglaban kay Satanas, na nangangahulugang paggamit ng paglupig sa tao upang talunin si Satanas. Ang gawain ng paglupig ay ang pangunahing gawain, ang pinakabagong gawain, gawain na hindi pa kailanman nagawa sa lahat ng kapanahunan. Maaaring sabihin na ang pangunahing layunin ng yugtong ito ng gawain ay ang lupigin ang lahat ng tao nang sa gayon ay magapi si Satanas. Ang gawain ng pagperpekto ng mga tao—ito ay hindi bagong gawain. Ang diwa ng layunin ng lahat ng gawain habang gumagawa ang Diyos sa katawang-tao ay ang paglupig ng mga tao. Ito ay gaya ng sa Kapanahunan ng Biyaya kung kailan ang pagtubos sa buong sangkatauhan sa pamamagitan ng pagpapapako sa krus ang pangunahing gawain. Ang “pagkamit sa mga tao” ay karagdagan sa gawain habang nasa katawang-tao at ginawa lamang pagkatapos ng pagpapapako sa krus.

Nang dumating si Jesus at ginawa ang Kanyang gawain, ang Kanyang pangunahing layunin ay ang gamitin ang Kanyang pagkapako upang daigin ang pagkaalipin sa kamatayan at Hades, daigin ang impluwensya ni Satanas—na ibig sabihin ay talunin si Satanas. Pagkatapos lamang ng pagkapako ni Jesus lumakad si Pedro, nang paisa-isang hakbang, sa landas tungo sa pagpeperpekto. Siyempre kasama si Pedro sa mga sumunod kay Jesus habang gumagawa si Jesus, ngunit hindi siya naperpekto sa panahong iyon. Bagkus, noong natapos ni Jesus ang Kanyang gawain unti-unting naunawaan ni Pedro ang katotohanan at pagkatapos ay naging perpekto. Ang Diyos na nagkatawang-tao ay dumarating sa lupa upang tapusin lamang ang isang pangunahin at mahalagang yugto ng gawain sa loob ng maikling panahon, hindi upang mamuhay nang matagal kasama ng mga tao sa lupa na may layunin na gawin silang perpekto. Hindi Niya ginagawa ang gawaing iyan. Hindi Siya naghihintay sa sandali kung kailan ang tao ay ganap nang naperpekto para tapusin ang Kanyang gawain. Hindi iyan ang layunin at kabuluhan ng Kanyang pagkakatawang-tao. Dumating lamang Siya para gawin ang pagliligtas ng sangkatauhan sa maikling panahon, hindi para gawin ang pangmatagalang gawain ng pagpeperpekto sa sangkatauhan. Ang gawain ng pagliligtas sa sangkatauhan ay kumakatawan at may kakayahang magpasimula ng isang bagong kapanahunan. Maaari itong matapos sa loob ng maikling panahon. Ngunit ang pagpeperpekto sa sangkatauhan ay nangangailangan ng pagtataas sa tao sa isang tiyak na antas; ang gawaing ito ay nangangailangan ng mahabang panahon. Ang gawaing ito ay kailangang gawin ng Espiritu ng Diyos, ngunit ito ay ginagawa sa saligan ng katotohanan na sinabi sa panahon ng gawain habang nasa katawang-tao. Isinasagawa rin ito sa pamamagitan ng pagtataguyod Niya ng mga apostol upang gumawa ng pangmatagalang gawain ng pag-aakay para makamit ang Kanyang layuning pagpeperpekto sa sangkatauhan. Hindi ginagawa ng Diyos na nagkatawang-tao ang gawaing ito. Nagsasalita lamang Siya tungkol sa daan ng buhay upang makaunawa ang mga tao, at binibigyan lamang Niya ang sangkatauhan ng katotohanan, sa halip na patuloy na samahan ang tao sa pagsasagawa ng katotohanan, dahil iyan ay hindi kasama sa Kanyang ministeryo. Kung gayon, hindi Niya sasamahan ang tao hanggang sa araw na ang tao ay ganap nang nauunawaan ang katotohanan at ganap nang natatamo ang katotohanan. Ang Kanyang gawain habang nasa katawang-tao ay natatapos kapag ang tao ay pormal nang pumapasok sa tamang landas ng paniniwala sa Diyos at kapag ang tao ay tumatahak patungo sa tamang landas ng pagiging pinerpekto. Siyempre, ito rin ay kapag lubusan na Niyang natalo si Satanas at nadaig ang mundo. Hindi Niya pinakikialaman kung ang tao ay nakapasok na sa wakas sa katotohanan sa sandaling iyon, ni hindi Niya pinakikialaman kung ang buhay ng tao ay dakila o kaaba-aba. Wala riyan ang dapat Niyang pamahalaan habang nasa katawang-tao; walang anuman dito ang kasama sa ministeryo ng Diyos na nagkatawang-tao. Sa sandaling matapos Niya ang Kanyang hinahangad na gawin, tatapusin Niya ang Kanyang gawain habang nasa katawang-tao. Kaya, ang gawain na ginagawa ng Diyos na nagkatawang-tao ay ang gawain lamang na hindi maaaring gawin

nang tuwiran ng Espiritu ng Diyos. Higit pa rito, ito ang pangmadaliang gawain ng pagliligtas, hindi isang pangmatagalang gawain na isasakatuparan Niya sa lupa.

Ang pagpapataas sa inyong kakayahan ay hindi nakapaloob sa kinasasaklawan ng Aking gawain. Hinihingi Ko lamang sa inyo na gawin ito dahil ang inyong kakayahan ay napakababa. Ang totoo, hindi ito bahagi ng gawain ng pagpeperpekto; bagkus, ito ay dagdag na gawaing ginagawa sa inyo. Ang gawaing tinatapos sa inyo ngayon ay ginagawa ayon sa kung ano ang inyong kailangan. Ito ay pang-isahan at hindi isang landas na dapat pasukin ng bawat isa na pineperpekto. Dahil ang inyong kakayahan ay mas mababa kaysa sinuman na pinerpekto noon, kapag ginawa sa inyo ang gawaing ito ay mayroong napakaraming hadlang. Ako ay kasama ninyo na gumagawa ng dagdag na gawaing ito dahil ang mga nilalayon ng pagpeperpekto ay iba. Nangangahulugan ito na kapag dumarating ang Diyos sa lupa, nananatili Siya sa loob ng Kanyang tamang nasasakupan at tinutupad ang Kanyang gawain, at hindi nag-aabala sa iba pang hindi kaugnay na mga bagay. Hindi Siya nakikialam sa mga usaping pampamilya o nakikibahagi sa mga buhay ng mga tao. Siya ay lubos na walang pakialam sa karaniwang mga bagay na tulad nito; hindi bahagi ng Kanyang ministeryo ang mga ito. Ngunit ang inyong kakayahan ay lubhang higit na mababa kaysa Aking hiningi—tunay ngang lubos na ang pagkakaiba ng mga ito—kaya nagdudulot ito ng matitinding balakid sa gawain. Higit pa rito, ang gawaing ito ay dapat na magawa sa mga tao rito sa lupain ng China. Kayo ay lubhang kulang sa pinag-aralan kaya wala Akong ibang magagawa bukod sa hingin na kayo ay mag-aral. Nasabi Ko na sa inyo na ito ay dagdag na gawain, ngunit isang bagay rin ito na dapat ninyong makamit, isang bagay na tutulong sa inyo na maging perpekto. Sa katunayan, ang lahat ng bagay na dapat ay likas na taglay ninyo ay ang edukasyon, pangunahing kaalaman tungkol sa pansariling pag-uugali, at pangunahing kaalaman tungkol sa buhay; hindi Ako dapat nagsasalita sa inyo tungkol sa mga bagay na ito. Ngunit dahil wala kayo ng mga bagay na ito, wala Akong magagawa kundi ang tuparin ang gawain ng pagkintal ng mga bagay na ito sa inyo pagkatapos ninyong maipanganak sa daigdig. Kahit na nagtataglay kayo ng maraming kuru-kuro tungkol sa Akin, hinihingi Ko pa rin ito sa inyo—hinihingi Ko pa rin na iangat ninyo ang inyong kakayahan. Hindi Ko layunin na pumarito at gawin ang gawaing ito, dahil ang Aking gawain ay upang lupigin lamang kayo, upang matamo lamang ang inyong ganap na paniniwala sa pamamagitan ng paghatol sa inyo, nang sa gayon ay maituro ang daan ng buhay na dapat ninyong pasukin. Sa ibang pananalita, kung gaano kataas ang pinag-aralan ninyo at kung gaano ang kaalaman ninyo tungkol sa buhay ay walang-pasubaling walang kinalaman sa Akin, kung hindi lamang sa katunayan na kailangan Kong lupigin kayo ng Aking salita. Ang lahat ng ito ay idinaragdag upang tiyakin na ang mga bunga mula sa gawain ng paglupig ay natatamo at para sa inyong pagpeperpekto pagkatapos nito. Hindi ito bahagi ng gawain ng paglupig. Dahil kayo ay may mabababang kakayahan, at kayo ay tamad at pabaya, hangal at mabagal ang pag-iisip, matigas at walang utak—dahil kayo ay masyadong hindi normal—Aking hinihingi na inyo munang iangat ang inyong

kakayahan. Ang sinumang nagnanais na gawing perpekto ay dapat na makatugon sa ilang pamantayan. Upang gawing perpekto, dapat ay mayroong malinaw at mahinahong isipan ang isang tao at handang mamuhay ng makabuluhang buhay. Kung ikaw ay isang tao na hindi nagnanais mamuhay ng isang hungkag na buhay, isang tao na naghahangad ng katotohanan, isang tao na masigasig sa lahat ng kanyang ginagawa, at isang tao na may katangi-tanging normal na pagkatao, kung gayon ay naaabot mo ang mga kondisyon para maperpekto.

Ang gawaing ito na isinasakatuparan sa inyo ay isinasagawa ayon sa kung anong gawain ang kailangang magawa. Matapos ang paglupig sa mga taong ito, isang pangkat ng mga tao ang gagawing perpekto. Samakatuwid, karamihan sa gawain sa kasalukuyan ay bilang paghahanda rin para sa layunin ng pagpeperpekto sa inyo, dahil maraming nagugutom sa katotohanan ang maaaring maperpekto. Kung ang gawain ng paglupig ay isasakatuparan sa inyo at pagkatapos ay wala nang karagdagan pang gawain ang isasagawa, kung gayon, maaari kayang mangyari na ang ilang nananabik sa katotohanan ay hindi ito makakamit? Ang kasalukuyang gawain ay naglalayong magbukas ng isang landas para sa pagpeperpekto sa mga tao kalaunan. Bagama't ang Aking gawain ay ang gawain ng paglupig lamang, ang daan ng buhay na Aking sinabi ay bilang paghahanda pa rin para sa pagpeperpekto sa mga tao kalaunan. Ang gawain pagkatapos ng paglupig ay nakasentro sa pagpeperpekto sa mga tao, at ang paglupig ay ginagawa upang maglagay ng saligan para sa pagpeperpekto. Ang tao ay maaari lamang maperpekto matapos na malupig. Sa ngayon, ang pangunahing gawain ay ang manlupig; kalaunan, sila na mga naghahanap ng at nananabik sa katotohanan ay mapeperpekto. Ang maperpekto ay kinapapalooban ng mga aktibong aspeto ng pagpasok ng mga tao: Mayroon ka bang pusong mapagmahal sa Diyos? Ano ang naging lalim ng iyong karanasan habang lumalakad ka sa landas na ito? Gaano kadalisay ang iyong pag-ibig sa Diyos? Gaano katumpak ang iyong pagsasagawa ng katotohanan? Upang maperpekto, dapat ay magkaroon ang isang tao ng pangunahing kaalaman tungkol sa lahat ng aspeto ng pagkatao. Ito ay pinakaunang kinakailangan. Ang lahat ng hindi naperpekto matapos na malupig ay nagiging gamit-pangserbisyo at sa kahuli-hulihan ay itatapon pa rin sa lawa ng apoy at asupre at mahuhulog pa rin sa walang-hanggang kalaliman dahil ang inyong disposisyon ay hindi nabago at kayo ay pag-aari pa rin ni Satanas. Kung ang isang tao ay kulang sa mga kondisyon para sa pagpeperpekto, kung gayon siya ay walang-silbi—siya ay basura, isang kagamitan, isang bagay na hindi makakatagal sa pagsubok ng apoy! Gaano kalaki ang iyong pag-ibig sa Diyos sa ngayon? Gaano kalaki ang iyong pagkamuhi sa iyong sarili? Gaano talaga kalalim ang iyong pagkakilala kay Satanas? Napagtibay na ba ninyo ang inyong kapasyahan? Ang buhay ba ninyong saklaw ng inyong pagkatao ay napamamahalaang mabuti? Nabago na ba ang inyong buhay? Namumuhay ba kayo ng isang bagong buhay? Nabago na ba ang pananaw ninyo sa buhay? Kung ang mga bagay na ito ay hindi nabago, hindi ka mapeperpekto kahit na hindi ka umatras; bagkus, ikaw ay nalupig lamang. Kapag panahon na para subukin ka,

magkukulang ka sa katotohanan, ang iyong pagkatao ay hindi magiging normal, at ikaw ay magiging kasingbaba ng isang hayop na tagapasan. Ang tanging nakamit mo ay ang pagiging nalupig lamang—kayo ay magiging isa lamang bagay na nalupig Ko. Gaya ng isang buriko na sa sandaling nakaranas ng palo ng amo ay nagiging matatakutin at natatakot na kumilos sa tuwing nakikita ang amo nito, ikaw ay magiging isang nasupil na buriko lamang. Kung ang isang tao ay kulang sa mga positibong aspetong iyon at sa halip ay walang kibo at takot, mahiyain at may alinlangan sa lahat ng bagay, hindi kayang kumilala ng anumang bagay nang malinaw, hindi kayang tanggapin ang katotohanan, wala pa ring landas para sa pagsasagawa, at higit doon ay walang pusong mapagmahal sa Diyos—kung ang isang tao ay walang pagkaunawa kung paano mahalin ang Diyos, kung paano mamuhay ng makabuluhang buhay, o kung paano maging isang tunay na tao—paano makapagpapatotoo sa Diyos ang tao na tulad nito? Ipapakita nito na ang iyong buhay ay maliit ang halaga at ikaw ay isa lamang nasupil na buriko. Ikaw ay lulupigin, ngunit nangangahulugan lamang iyan na ikaw ay nagtatwa sa malaking pulang dragon at tumangging magpasakop dito; ibig sabihin nito ay naniniwala ka na mayroong Diyos, nais mong sumunod sa lahat ng plano ng Diyos, at wala kang mga hinaing. Ngunit sa mga positibong aspeto, kaya mo bang isabuhay ang salita ng Diyos at ipamalas ang Diyos? Kung wala ka ng anuman sa mga aspetong ito, ito’y nangangahulugang ikaw ay hindi nakamit ng Diyos, at ikaw ay isang nasupil na buriko lamang. Walang anumang kaibig-ibig sa iyo, at ang Banal na Espiritu ay hindi gumagawa sa kalooban mo. Ang iyong pagkatao ay kulang na kulang; imposible para sa Diyos na gamitin ka. Kailangan mong masang-ayunan ng Diyos at maging isandaang beses na mas mabuti kaysa sa di-naniniwalang mga hayop at lumalakad na patay—ang mga nakakaabot lamang sa antas na ito ang marapat na maperpekto. Tanging sa pagkakaroon lamang ng pagkatao at konsensiya magiging angkop na gamitin ng Diyos ang isang tao. Maituturing ka lamang na isang tao kung ikaw ay naperpekto na. Tanging ang mga taong naperpekto na ang namumuhay ng makabuluhang mga buhay. Tanging ang mga taong tulad nito ang maaaring magpatotoo nang mas mataginting sa Diyos.

**Dapat Mong Isantabi
ang mga Pagpapala ng Katayuan
at Unawain ang Kalooban ng Diyos
na Maghatid ng Kaligtasan sa Tao**

Mula sa pananaw ng isang tao, hindi posible para sa mga inapo ni Moab na gawing ganap, ni hindi sila karapat-dapat na magawang gayon. Ang mga anak ni David, sa kabilang dako, ay tiyak na may pag-asa, at talagang maaaring gawing ganap. Kung ang isang tao ay inapo ni Moab, hindi sila maaaring gawing ganap. Kahit ngayon, hindi pa rin ninyo alam ang kahalagahan ng gawaing ginagawa sa inyo; sa yugtong ito, nasa mga

puso pa rin ninyo ang maaaring mangyari sa inyong hinaharap, at tutol kayong talikuran ang mga ito. Walang pakialam ang sinuman kung bakit ngayon lang nagpasya ang Diyos na gumawa sa pinaka-hindi karapat-dapat na grupo ng mga tao na katulad ninyo. Nagkamali kaya Siya sa gawaing ito? Panandalian bang di-pagkapansin ang gawaing ito? Bakit bumaba ang Diyos, na alam noon pa man na kayo ay mga anak ni Moab, para gumawa mismo sa gitna ninyo? Hindi ba ninyo naiisip ito kailanman? Hindi ba ito isinasaalang-alang ng Diyos kailanman kapag ginagawa Niya ang Kanyang gawain? Kumikilos ba Siya sa bastos na paraan? Hindi ba Niya alam sa simula pa lamang na kayo ang mga inapo ni Moab? Hindi ba ninyo alam na dapat isaalang-alang ang mga bagay na ito? Saan na napunta ang inyong mga kuru-kuro? Hindi na ba balanse ang inyong malusog na pag-iisip? Saan na napunta ang inyong katalinuhan at karunungan? Napakaganda ba ng inyong tindig kaya hindi kayo nakikinig sa gayon kaliliit na mga bagay? Ang inyong mga isipan ay napakasensitibo sa mga bagay na kagaya ng inyong mga inaasam sa hinaharap at inyong sariling kapalaran, ngunit pagdating sa anumang iba pang bagay, manhid, mabagal umunawa, at walang kaalam-alam ang mga ito. Ano ba talaga ang inyong pinaniniwalaan? Ang inyo bang mga inaasam sa hinaharap? O ang Diyos? Hindi ba ang magandang hantungan mo lamang ang iyong pinaniniwalaan? Hindi ba ito ang iyong mga inaasam sa hinaharap? Gaano kalaki ang nauunawaan mo ngayon tungkol sa daan ng buhay? Gaano na karami ang iyong natamo? Palagay mo ba ang gawaing ginagawa ngayon sa mga inapo ni Moab ay ginagawa para hiyain kayo? Sadya ba itong ginagawa para ilantad ang inyong kapangitan? Sadya ba itong ginagawa para tumanggap kayo ng pagkastigo, at pagkatapos ay upang ihagis kayo sa lawa ng apoy? Hindi Ko sinabi kailanman na wala kayong maaasahan sa hinaharap, lalong hindi na kailangan kayong wasakin o mapahamak. Hayagan Ko na bang naipahayag ang gayong mga bagay? Sabi mo wala ka ng pag-asa, ngunit hindi ba ito isang konklusyon lamang na ikaw mismo ang gumawa? Hindi ba ito ang epekto ng iyong sariling paraan ng pag-iisip? May halaga ba ang iyong sariling mga konklusyon? Kung sinasabi Kong hindi ka pinagpala, siguradong ikaw ay pakay ng pagwawasak; at kung sinasabi Kong ikaw ay pinagpala, talagang hindi ka wawasakin. Sinasabi Ko lamang na ikaw ay inapo ni Moab; hindi Ko sinabi na ikaw ay wawasakin. Sadya lamang na isinumpa ang mga inapo ni Moab, at isang lahi ng mga tiwaling tao. Binanggit ang kasalanan kanina; hindi ba makasalanan kayong lahat? Hindi ba ginawa nang tiwali ni Satanas ang lahat ng makasalanan? Hindi ba lumalaban at naghihimagsik sa Diyos ang lahat ng makasalanan? Hindi ba isusumpa ang mga lumalaban sa Diyos? Hindi ba kailangang puksain ang lahat ng makasalanan? Kung gayon, sino ang maliligtas sa mga taong may laman at dugo? Paano kayo nakaligtas hanggang sa araw na ito? Naging negatibo na kayo dahil kayo ay mga inapo ni Moab; hindi ba kabilang din kayo sa mga tao, na mga makasalanan? Paano kayo nakatagal hanggang sa araw na ito? Kapag binabanggit ang pagiging perpekto, nagiging masaya kayo. Matapos marinig na kailangan ninyong maranasan ang malaking kapighatian, pakiramdam ninyo mas pinagpala pa nga kayo. Iniisip ninyo na

maaari kayong maging mga mananagumpay matapos dumanas ng kapighatian, at na ito, bukod pa ryan, ay malaking pagpapala at pagdadakila sa inyo ng Diyos. Kapag nababanggit si Moab, nagkakagulo kayo; parehong nadarama ng matatanda't mga bata ang lubos na kalungkutan at talagang walang kagalakan sa inyong mga puso, at nagsisisi kayo na ipinanganak kayo. Hindi ninyo nauunawaan ang kahalagahan ng yugtong ito ng gawain na ginagawa sa mga inapo ni Moab; ang tanging alam ninyo ay maghangad ng matataas na posisyon, at tuwing nararamdaman ninyo na wala kayong pag-asa, bumabalik ang dati ninyong kasamaan. Kapag binabanggit ang pagiging perpekto at ang hantungan sa hinaharap, sumasaya kayo. Nanampalataya kayo sa Diyos upang magtamo ng mga pagpapala at para magkaroon kayo ng magandang hantungan. Nangangamba ang ilang tao ngayon dahil sa kanilang katayuan. Dahil mababa ang kanilang halaga at katayuan, hindi sila naghahangad na magawang perpekto. Una, pinag-usapan ang pagiging perpekto, at pagkatapos ay binanggit ang mga inapo ni Moab, kaya ipinagsawalang-bahala ng mga tao ang landas ng pagkaperpekto na naunang binanggit. Ito ay dahil mula simula hanggang wakas, hindi ninyo nalaman kailanman ang kahalagahan ng gawaing ito, ni wala kayong pakialam sa kahalagahan nito. Napakaliit ng inyong tayog, at hindi ninyo matatagalan kahit ang pinakakaunting kaguluhan. Kapag nakikita ninyo na napakababa ng inyong sariling katayuan, nagiging negatibo kayo at nawawalan ng kumpiyansa na patuloy na maghangad. Itinuturing lamang ng mga tao ang pagtatamo ng biyaya at pagtatamasa ng kapayapaan na mga sagisag ng pananampalataya, at itinuturing na batayan ng kanilang pananalig sa Diyos ang paghahangad ng mga biyaya. Ilang tao lamang ang naghahangad na makilala ang Diyos o baguhin ang kanilang disposisyon. Sa kanilang pananampalataya, hinahangad ng mga tao na hikayatin ang Diyos na bigyan sila ng angkop na hantungan at lahat ng biyayang kailangan nila, na gawing alipin nila ang Diyos, na gawin Siyang magpanatili ng isang mapayapa at magandang relasyon sa kanila nang sa gayon, anumang oras, ay hindi magkaroon ng anumang sigalot sa pagitan nila. Ibig sabihin, sa kanilang pananalig sa Diyos, kailangan Siyang mangako na tugunan ang lahat ng kanilang kahilingan at ipagkaloob Niya sa kanila ang anumang kanilang ipinagdarasal, tulad ng mga salitang nabasa nila sa Bibliya, "Pakikinggan Ko ang lahat ng inyong mga panalangin." Inaasahan nila na hindi hahatulan o pakikitunguhan ng Diyos ang sinuman, sapagkat noon pa man ay Siya na ang maawaing Tagapagligtas na nagpapanatili ng mabuting kaugnayan sa mga tao sa lahat ng oras at sa lahat ng lugar. Ganito ang paraan kung paano nananalig ang mga tao sa Diyos: Hindi sila nahihiyang humiling sa Diyos, naniniwala na mapanghimagsik man sila o masunurin, ipagkakaloob na lang Niya ang lahat sa kanila nang pikit-mata. Patuloy lamang silang "naniningil ng mga utang" mula sa Diyos, naniniwala na kailangan Niya silang "bayaran" nang walang anumang pagtutol at, bukod pa ryan, magbayad nang doble; iniisip nila, kung may nakuha man ang Diyos sa kanila o wala, maaari lamang nila Siyang manipulahin, hindi Niya maaaring basta-basta isaayos ang mga tao, lalong hindi Niya ihahayag sa mga tao ang Kanyang

karunungan at matuwid na disposisyon, na maraming taon nang nakatago, tuwing gusto Niya at nang walang pahintulot nila. Ikinukumpisal lamang nila sa Diyos ang kanilang mga kasalanan, naniniwala na pawawalang-sala na lamang sila ng Diyos, na hindi Siya magsasawang gawin ito, at na magpapatuloy ito magpakailanman. Inuutus-utusan lamang nila ang Diyos, naniniwala na susunod na lamang Siya sa kanila, dahil nakatala sa Bibliya na hindi pumarito ang Diyos para paglingkuran ng mga tao, kundi para paglingkuran Niya sila, at na narito Siya upang maging lingkod nila. Hindi ba ganito ang paniniwala ninyo noon pa man? Tuwing wala kayong nakakamit na anuman mula sa Diyos, gusto ninyong lumayo; kapag may hindi kayo nauunawaan, masyado kayong naghihinanakit, at binabato pa ninyo Siya ng lahat ng klase ng pang-aabuso. Ayaw ninyo talagang tulutan ang Diyos Mismo na lubos na maipahayag ang Kanyang karunungan at hiwaga; sa halip, gusto lamang ninyong tamasahin ang panandaliang kaalwanan at ginhawa. Hanggang ngayon, ang saloobin ninyo sa inyong pananalig sa Diyos ay binubuo lamang ng dati pang mga pananaw. Kung kakatiting lamang ang ipinakikita sa inyo ng Diyos na kamaharlikahan, nalulungkot kayo. Nakikita na ba ninyo ngayon kung gaano talaga kataas ang inyong tayog? Huwag ninyong ipalagay na kayong lahat ay tapat sa Diyos samantalang ang totoo ay hindi pa nagbabago ang inyong mga dating pananaw. Kapag walang sumasapit sa iyo, naniniwala ka na maayos ang lahat, at nasa rurok ang pagmamahal mo sa Diyos. Kapag may nangyari sa iyo na di-gaanong masakit, bumabagsak ka sa Hades. Ganito ba ang pagiging tapat sa Diyos?

Kung ang huling yugto ng gawain ng paglupig ay magsisimula sa Israel, ang gayong gawain ng paglupig ay mawawalan ng kahulugan. Ang gawain ay pinakamakabuluhan kapag ito ay ginawa sa Tsina, at kapag ito ay isinasagawa sa inyo na mga tao. Kayo ang pinakaabang mga tao, ang mga taong may pinakamaliit na katayuan; kayo ang siyang nasa pinakamababang antas ng lipunang ito, at kayo yaong pinaka-hindi kumilala sa Diyos sa simula. Kayo ang mga taong pinakanapalayo sa Diyos at pinakamatindi ang pinsala. Dahil ang yugtong ito ng gawain ay para lamang sa paglupig, hindi ba pinakaangkop na kayo ang piliing sumaksi sa hinaharap? Kung ang unang hakbang ng gawain ng paglupig ay hindi gagawin sa inyo na mga tao, magiging mahirap na isulong ang gawain ng paglupig na darating, sapagkat ang gawain ng paglupig na susunod ay magkakamit ng mga resulta batay sa katunayann ng gawaing ito na isinasagawa ngayon. Ang kasalukuyang gawain ng paglupig ay simula pa lamang ng kabuuang gawain ng paglupig. Kayo ang unang grupo na lulupigin; kayo ang mga kinatawan ng buong sangkatauhan na lulupigin. Ang mga taong tunay na may kaalaman ay makikita na lahat ng gawaing ginagawa ng Diyos ngayon ay dakila, na hindi lamang Niya tinutulutang malaman ng mga tao ang kanilang sariling pagkasuwail, kundi ibinubunyag din ang kanilang katayuan. Ang layunin at kahulugan ng Kanyang mga salita ay hindi upang sirain ang loob ng mga tao, ni hindi para ibagsak sila. Ito ay para magkamit sila ng kaliwanagan at kaligtasan sa pamamagitan ng Kanyang mga salita; ito ay upang pukawin ang espiritu nila sa pamamagitan ng Kanyang mga salita. Mula nang likhain

ang mundo, namuhay na ang tao sa ilalim ng sakop ni Satanas, na hindi nalalaman ni naniniwala na mayroong isang Diyos. Ang katotohanan na ang mga taong ito ay maaaring maibilang sa dakilang pagliligtas ng Diyos at lubhang maibangon ng Diyos ay talagang nagpapakita ng pag-ibig ng Diyos; lahat ng tunay na nakauunawa ay maniniwala rito. Paano naman yaong mga walang gayong kaalaman? Sasabihin nila, “Ah, sinasabi ng Diyos na tayo ang mga inapo ni Moab; sinabi Niya ito sa Kanyang sariling mga salita. Maaari pa rin ba tayong magtamo ng mabuting kalalabasan? Tayo ang mga inapo ni Moab at nilabanan natin Siya noong araw. Ang Diyos ay naparito upang kondenahin tayo; hindi mo ba nakikita kung paano Niya tayo palaging hinahatulan, sa simula pa lamang? Dahil nilabanan natin ang Diyos, dapat tayong kastiguhin sa ganitong paraan.” Tama ba ang mga salitang ito? Ngayon ay hinahatulan ka ng Diyos, kinakastigo ka, at kinokondena ka, ngunit kailangan mong malaman na ang punto ng pagkondena sa iyo ay upang makilala mo ang iyong sarili. Siya ay nagkokondena, nagsusumpa, humahatol, at kumakastigo para makilala mo ang iyong sarili, para magbago ang iyong disposisyon, at, bukod pa rito, para malaman mo ang iyong halaga, at makita na lahat ng kilos ng Diyos ay matuwid at alinsunod sa Kanyang disposisyon at mga kinakailangan sa Kanyang gawain, na Siya ay gumagawa alinsunod sa Kanyang plano para sa kaligtasan ng tao, at na Siya ang matuwid na Diyos na nagmamahal, nagliligtas, humahatol, at kumakastigo sa tao. Kung alam mo lamang na mababa ang iyong katayuan, na ikaw ay tiwali at masuwayin, ngunit hindi mo alam na ninanais ng Diyos na gawing malinaw ang Kanyang pagliligtas sa pamamagitan ng paghatol at pagkastigo na Kanyang ginagawa sa iyo ngayon, wala kang paraan para magtamo ng karanasan, lalong wala kang kakayahang patuloy na sumulong. Ang Diyos ay hindi naparito upang pumatay o manira, kundi upang humatol, sumumpa, kumastigo, at magligtas. Hanggang sa matapos ang Kanyang 6,000 taong plano ng pamamahala—bago Niya ihayag ang kalalabasan ng bawat kategorya ng tao—ang gawain ng Diyos sa lupa ay para sa pagliligtas, ang layunin nito ay para lamang gawing ganap—nang lubusan—yaong mga nagmamahal sa Kanya at mapasakop sila sa Kanyang kapamahalaan. Paano man inililigtas ng Diyos ang mga tao, ginagawang lahat iyon sa pamamagitan ng paghiwalay sa kanila sa dati nilang satanikong kalikasan; ibig sabihin, inililigtas Niya sila sa pamamagitan ng paghikayat sa kanila na hangarin ang buhay. Kung hindi nila gagawin iyon, walang paraan upang matanggap nila ang pagliligtas ng Diyos. Ang pagliligtas ay ang gawain ng Diyos Mismo, at ang paghahangad sa buhay ay isang bagay na kailangang gawin ng tao upang tumanggap ng kaligtasan. Sa mga mata ng tao, ang kaligtasan ay ang pag-ibig ng Diyos, at ang pag-ibig ng Diyos ay hindi maaaring maging pagkastigo, paghatol, at mga pagsumpa; ang pagliligtas ay kailangang naglalaman ng pagmamahal, ng habag, at, bukod pa rito, ng mga salita ng kaginhawahan, gayundin ng walang-hanggang mga pagpapalang ipinagkaloob ng Diyos. Naniniwala ang mga tao na kapag inililigtas ng Diyos ang tao, ginagawa Niya iyon sa pamamagitan ng pag-antig sa kanila gamit ang Kanyang mga pagpapala at biyaya, para maibigay nila

ang kanilang puso sa Diyos. Ibig sabihin, ang Kanyang pag-antig sa tao ay pagliligtas Niya sa kanila. Ang ganitong uri ng pagliligtas ay ginagawa sa pamamagitan ng pakikipagkasundo. Kapag pinagkalooban sila ng Diyos ng isandaang beses, saka pa lamang magpapasakop ang tao sa pangalan ng Diyos at magsisikap na gumawa ng mabuti para sa Kanya at maghatid sa Kanya ng kaluwalhatian. Hindi ito ang layon ng Diyos para sa sangkatauhan. Ang Diyos ay naparito para gumawa sa lupa upang iligtas ang tiwaling sangkatauhan; walang kasinungalingan dito. Kung mayroon, tiyak na hindi sana Siya naparito upang gawin ang Kanyang gawain nang personal. Dati-rati, ang Kanyang paraan ng pagliligtas ay may kasamang pagpapakita ng sukdulang pag-ibig at habag, kaya ibinigay Niya ang lahat Niya kay Satanas kapalit ng buong sangkatauhan. Ang kasalukuyan ay hindi kagaya ng nakaraan: Ang kaligtasang ipinagkaloob sa inyo ngayon ay nangyayari sa panahon ng mga huling araw, kung kailan ibinubukod ang bawat isa ayon sa uri; ang paraan ng inyong kaligtasan ay hindi pag-ibig o habag, kundi pagkastigo at paghatol, upang ang tao ay maaaring mas lubusang maligtas. Sa gayon, ang natatanggap lamang ninyo ay pagkastigo, paghatol, at walang-awang paghampas, ngunit dapat ninyong malaman ito: Sa walang-pusong paghampas na ito wala ni kakatiting na kaparusahan. Gaano man kabagsik ang Aking mga salita, ang sumasapit sa inyo ay iilang salita lamang na maaaring magmukhang lubos na walang puso sa inyo, at gaano man katindi ang Aking galit, ang dumarating sa inyo ay mga salita pa rin ng pagtuturo, at hindi Ko layon na saktan kayo o patayin kayo. Hindi ba totoo ang lahat ng ito? Dapat ninyong malaman na sa panahong ito, matuwid na paghatol man o walang-pusong pagpipino at pagkastigo, lahat ay para sa kapakanan ng kaligtasan. Ibinubukod man ngayon ang bawat isa ayon sa uri o inilalantad ang mga kategorya ng tao, ang layunin ng lahat ng salita at gawain ng Diyos ay upang iligtas yaong mga tunay na nagmamahal sa Diyos. Ang matuwid na paghatol ay pinasasapit upang dalisayin ang tao, at ang walang-pusong pagpipino ay ginagawa upang linisin sila; ang masasakit na salita o pagkastigo ay kapwa ginagawa upang magpadalisay at alang-alang sa kaligtasan. Sa gayon, ang pamamaraan ng pagliligtas ngayon ay hindi kagaya noong araw. Ngayon, inililigtas kayo sa pamamagitan ng matuwid na paghatol, at ito ay isang mabuting kasangkapan para maibukod ang bawat isa sa inyo ayon sa uri. Bukod diyan, ang malupit na pagkastigo ay nagsisilbing inyong sukdulang kaligtasan—at ano ang masasabi ninyo sa harap ng gayong pagkastigo at paghatol? Hindi ba kayo palaging nagtamasa ng pagliligtas, mula simula hanggang wakas? Nakita na ninyo ang Diyos na nagkatawang-tao at napagtanto ang Kanyang walang-hanggang kapangyarihan at karunungan; at saka, naranasan na ninyo ang paulit-ulit na paghampas at pagdisiplina. Gayunman, hindi ba nakatanggap din kayo ng pinakadakilang biyaya? Hindi ba mas malaki ang inyong mga pagpapala kaysa iba pa? Ang inyong mga biyaya ay mas sagana pa nga kaysa sa kaluwalhatian at mga kayamanang tinamasa ni Solomon! Pag-isipan ninyo ito: Kung ang Aking layon sa pagparito ay upang kondenahin at parusahan kayo sa halip na iligtas kayo, nagtagal kaya ang buhay ninyo? Buhay pa kaya hanggang ngayon kayong

mga makasalanang nilalang na laman at dugo? Kung ang Aking mithiin ay para lamang parusahan kayo, bakit pa Ako nagkatawang-tao at nagsimula ng gayon kalaking proyekto? Hindi ba kayong mga hamak na mortal ay maaaring parusahan sa pagbigkas lamang ng iisang salita? Kakailanganin Ko pa ba kayong puksain matapos Ko kayong sadyang kondenahin? Hindi pa rin ba kayo naniniwala sa mga salita Kong ito? Maaari Ko bang iligtas ang tao sa pamamagitan lamang ng pag-ibig at habag? O maaari Ko bang gamitin na lamang ang pagkakapako sa krus upang iligtas ang tao? Hindi ba mas kaaya-aya ang Aking matuwid na disposisyon para magawang lubos na masunurin ang tao? Hindi ba mas may kakayahan ito na lubusang iligtas ang tao?

Bagama't maaaring mabagsik ang Aking mga salita, ipinapahayag ang lahat ng iyon para sa kaligtasan ng tao, dahil nagpapahayag lamang Ako ng mga salita at hindi Ko pinarurusahan ang laman ng tao. Ang mga salitang ito ay nagiging dahilan upang mabuhay ang tao sa liwanag, upang malaman nila na mayroong liwanag, upang malaman nila na ang liwanag ay mahalaga, at, higit pa rito, upang malaman kung gaano kalaki ang pakinabang ng mga salitang ito sa kanila, gayundin upang malaman na ang Diyos ay kaligtasan. Bagama't nagpahayag na Ako ng maraming salita ng pagkastigo at paghatol, ang kinakatawan ng mga ito ay hindi pa talaga nagagawa sa inyo. Naparito Ako upang gawin ang Aking gawain at ipahayag ang Aking mga salita, at bagama't maaaring mahigpit ang Aking mga salita, ipinapahayag ang mga ito sa paghatol sa inyong katiwalian at pagkasuwail. Ang layunin ng Aking paggawa nito ay nananatiling upang iligtas ang tao mula sa sakop ni Satanas; ginagamit Ko ang Aking mga salita upang iligtas ang tao. Ang Aking layunin ay hindi upang saktan ang tao gamit ang Aking mga salita. Ang Aking mga salita ay mabagsik upang makamit ang mga resulta sa Aking gawain. Sa pamamagitan lamang ng gayong gawain makikilala ng tao ang kanilang sarili at makakahiwalay sa kanilang suwail na disposisyon. Ang pinakadakilang kabuluhan ng gawain ng mga salita ay ang pagtutulot sa tao na isagawa ang katotohanan matapos itong maunawaan, na mabago ang kanilang disposisyon, at magtamo ng kaalaman tungkol sa kanilang sarili at sa gawain ng Diyos. Sa paggawa lamang ng gawain sa pamamagitan ng pagpapahayag ng mga salita maaaring magawang posible ang komunikasyon sa pagitan ng Diyos at ng tao, at mga salita lamang ang maaaring magpaliwanag sa katotohanan. Ang paggawa sa ganitong paraan ang pinakamahusay na paraan ng paglupig sa tao; bukod sa pagbigkas ng mga salita, wala nang iba pang pamamaraan ang may kakayahang magbigay sa tao ng mas malinaw na pagkaunawa sa katotohanan at sa gawain ng Diyos. Sa gayon, sa huling yugto ng Kanyang gawain, nangungusap ang Diyos sa tao upang ipahayag sa kanila ang lahat ng katotohanan at hiwaga na hindi pa nila nauunawaan, na nagtutulot na matamo nila mula sa Diyos ang tunay na daan at ang buhay, at sa gayo'y masunod ang Kanyang kalooban. Ang layunin ng gawain ng Diyos sa tao ay upang masunod nila ang kalooban ng Diyos, at ginagawa ito upang dalhan sila ng kaligtasan. Sa gayon, sa panahon ng Kanyang pagliligtas sa tao, hindi Niya ginagawa ang gawain ng pagpaparusa sa kanila. Habang naghahatid ng kaligtasan sa tao, hindi pinarurusahan ng Diyos ang

masama o ginagantimpalaan ang mabuti, ni hindi Niya ibinubunyag ang mga hantungan ng iba't ibang klase ng mga tao. Sa halip, pagkatapos ng huling yugto ng Kanyang gawain, saka lamang Niya gagawin ang gawain ng pagpaparusa sa masama at paggantimpala sa mabuti, at saka pa lamang Niya ibubunyag ang mga katapusan ng lahat ng uri ng mga tao. Yaong mga pinarurusahan ay yaong hindi talaga nagagawang iligtas, samantalang yaong mga inililigtas ay yaong mga nagkamit ng pagliligtas ng Diyos sa panahon ng Kanyang pagliligtas sa tao. Habang ginagawa ang gawain ng pagliligtas ng Diyos, bawat isang tao na maaaring iligtas ay ililigtas hangga't maaari, at walang isa man sa kanila ang itatapon, dahil ang layunin ng gawain ng Diyos ay iligtas ang tao. Lahat sila, sa panahon ng pagliligtas ng Diyos sa tao, na hindi nagagawang magkamit ng pagbabago sa kanilang disposisyon—pati na lahat ng hindi nagagawang lubos na magpasakop sa Diyos—ay magiging mga pakay ng kaparusahan. Ang yugtong ito ng gawain—ang gawain ng mga salita—ay bubuksan sa mga tao ang lahat ng paraan at hiwaga na hindi nila nauunawaan, upang maunawaan nila ang kalooban at mga ipinagagawa ng Diyos sa kanila, at upang mapasakanila ang mga kinakailangan upang maisagawa ang mga salita ng Diyos at magkamit ng mga pagbabago sa kanilang disposisyon. Ang Diyos ay gumagamit lamang ng mga salita upang gawin ang Kanyang gawain at hindi pinarurusahan ang mga tao dahil sa pagiging medyo mapanghimagsik; ito ay dahil ngayon na ang panahon ng gawain ng pagliligtas. Kung parurusahan ang sinumang kumilos nang mapanghimagsik, walang sinumang magkakaroon ng pagkakataon na maligtas; lahat ay parurusahan at babagsak sa Hades. Ang layunin ng mga salita na humahatol sa tao ay upang tulutan silang makilala ang kanilang sarili at magpasakop sa Diyos; hindi ito para parusahan sila sa gayong paghatol. Sa panahon ng gawain ng mga salita, malalantad ang pagkasuwail at paglaban ng maraming tao, gayundin ang kanilang pagsuway sa Diyos na nagkatawang-tao. Gayunpaman, hindi Niya parurusahan ang lahat ng taong ito dahil dito, kundi sa halip ay itatakwil lamang yaong mga tiwali sa kaloob-looban at hindi maaaring iligtas. Ibibigay Niya ang kanilang laman kay Satanas, at sa ilang sitwasyon, wawakasan ang kanilang laman. Yaong mga natira ay patuloy na susunod at mararanasang pakitunguhan at tabasan. Kung, habang sumusunod, hindi pa rin kayang tanggapin ng mga taong ito na pakitunguhan at tabasan, at lalong sumama nang sumama, mawawalan sila ng pagkakataong maligtas. Bawat taong nagpasakop na sa paglupig ng mga salita ng Diyos ay magkakaroon ng sapat na pagkakataon para maligtas; ang pagliligtas ng Diyos sa bawat isa sa mga taong ito ay magpapakita ng Kanyang lubhang kaluwagan. Sa madaling salita, pakikitaan sila ng lubos na pagpaparaya. Hangga't tumatalikod ang mga tao mula sa maling landas, at hangga't nakakapagsisi sila, bibigyan sila ng Diyos ng mga pagkakataong makamtan ang Kanyang pagliligtas. Sa unang pagsuway ng mga tao sa Diyos, wala Siyang hangad na patayin sila; sa halip, ginagawa Niya ang lahat upang iligtas sila. Kung wala talagang paraang mailigtas ang isang tao, itatakwil sila ng Diyos. Kaya mabagal ang Diyos sa pagparusa sa ilang mga tao ay dahil nais Niyang iligtas ang lahat ng maaaring mailigtas.

Hinahatulan, nililiwanagan, at ginagabayan Niya ang mga tao sa pamamagitan ng mga salita lamang, at hindi Siya gumagamit ng pamalo para patayin sila. Ang paggamit ng mga salita upang iligtas ang mga tao ay ang layunin at kabuluhan ng huling yugto ng gawain.

Paano Maaaring Tumanggap ng mga Paghahayag ng Diyos ang Taong Nililimitahan ang Diyos sa Kanyang mga Kuru-kuro?

Palaging sumusulong ang gawain ng Diyos, at bagama't hindi nagbabago ang layunin ng Kanyang gawain, palaging nagbabago ang pamamaraan ng Kanyang paggawa, na nangangahulugan na yaong mga sumusunod sa Diyos ay palagi ring nagbabago. Kapag mas marami ang gawaing ginagawa ng Diyos, mas lubos ang kaalaman ng tao tungkol sa Diyos. Nagbabago rin ang disposisyon ng tao kapag nagsisimula ang gawain ng Diyos. Gayunman, ito ay dahil ang gawain ng Diyos ay palaging nagbabago kaya yaong mga hindi nakakaalam sa gawain ng Banal na Espiritu at yaong mga kakatwang taong hindi nakakaalam sa katotohanan ay nagiging mga taong lumalaban sa Diyos. Hindi kailanman umaayon ang gawain ng Diyos sa mga kuru-kuro ng tao, sapagkat ang Kanyang gawain ay laging bago at hindi kailanman luma, at hindi Niya inuulit kailanman ang lumang gawain, kundi sa halip ay sumusulong sa gawaing hindi pa nagawa noon. Dahil hindi inuulit ng Diyos ang Kanyang gawain, at laging hinuhusgahan ng tao ang kasalukuyang gawain ng Diyos batay sa gawaing Kanyang ginawa noong araw, naging napakahirap na isakatuparan ng Diyos ang bawat yugto ng gawain ng bagong kapanahunan. Napakaraming problema ng tao! Masyado siyang makaluma sa kanyang pag-iisip! Walang sinumang nakakaalam sa gawain ng Diyos, subalit nililimitahan iyon ng lahat. Kapag tinatalikuran ng tao ang Diyos, nawawalan siya ng buhay, katotohanan, at mga pagpapala ng Diyos, subalit hindi rin siya tumatanggap ng buhay ni ng katotohanan, lalo na ng mas malalaking pagpapalang ipinagkakaloob ng Diyos sa sangkatauhan. Nais ng lahat ng tao na makamit ang Diyos, subalit hindi nila matanggap ang anumang mga pagbabago sa gawain ng Diyos. Yaong mga hindi tumatanggap sa bagong gawain ng Diyos ay naniniwala na ang gawain ng Diyos ay hindi nagbabago, na nananatili itong nakatigil magpakailanman. Sa kanilang paniniwala, ang kailangan lamang para matamo ang walang-hanggang kaligtasan mula sa Diyos ay sundin ang kautusan, at basta't pinagsisisihan at ikinukumpisal nila ang kanilang mga kasalanan, palaging malulugod ang kalooban ng Diyos. Akala nila, ang Diyos ay maaari lamang maging Diyos sa ilalim ng kautusan at ang Diyos na ipinako sa krus para sa tao; akala rin nila, ang Diyos ay hindi dapat at hindi maaaring lumampas sa Bibliya. Ang mga pag-aakalang ito mismo ang nakagapos sa kanila nang mahigpit sa mga lumang kautusan at ipinako sila sa mga

patay na panuntunan. Marami pa ngang naniniwala na anupaman ang bagong gawain ng Diyos, kailangan itong patunayan ng mga propesiya, at na sa bawat yugto ng gayong gawain, lahat ng sumusunod sa Kanya nang may “tapat” na puso ay kailangan ding pakitaan ng mga paghahayag; kung hindi, ang gawaing iyon ay hindi maaaring maging gawain ng Diyos. Hindi na madaling gawain para sa tao na makilala ang Diyos. Dagdag pa ang kakatwang puso ng tao at ang likas niyang pagkasuwail sa pagpapahalaga sa sarili at kahambugan, lalong nagiging mas mahirap para sa kanya na tanggapin ang bagong gawain ng Diyos. Hindi sinisiyasat nang mabuti ng tao ang bagong gawain ng Diyos, ni hindi niya ito tinatanggap nang mapagkumbaba; sa halip, ugali niya ang manlait habang hinihintay niya ang mga paghahayag at patnubay ng Diyos. Hindi ba ito ang asal ng mga naghihimagsik at lumalaban sa Diyos? Paano makakamit ng gayong mga tao ang pagsang-ayon ng Diyos?

Sabi ni Jesus, ang gawain ni Jehova ay napag-iwanan sa Kapanahunan ng Biyaya, tulad ng sinasabi Ko ngayon, na ang gawain ni Jesus ay napag-iwanan rin. Kung nagkaroon lamang ng Kapanahunan ng Kautusan at hindi ng Kapanahunan ng Biyaya, hindi sana napako sa krus si Jesus at hindi natubos ang buong sangkatauhan. Kung nagkaroon lamang ng Kapanahunan ng Kautusan, umunlad kaya ang sangkatauhan na tulad ngayon? Sumusulong ang kasaysayan, at hindi ba likas na batas ng gawain ng Diyos ang kasaysayan? Hindi ba ito isang paglalarawan ng Kanyang pamamahala sa tao sa buong sansinukob? Sumusulong ang kasaysayan, pati na ang gawain ng Diyos. Ang kalooban ng Diyos ay patuloy na nagbabago. Hindi Siya maaaring manatili sa iisang yugto ng gawain sa loob ng anim na libong taon, sapagkat tulad ng alam ng lahat, palaging bago ang Diyos at hindi kailanman luma, at hindi posibleng patuloy Niyang gawin ang gawaing tulad ng pagpapako sa krus, ang maipako sa krus nang isa, dalawa, tatlong beses.... Katawa-tawang isipin ang gayon. Hindi patuloy na ginagawa ng Diyos ang iisang gawain; ang Kanyang gawain ay palaging nagbabago at palaging bago, tulad ng kung paano Ako sumasambit ng mga bagong salita sa inyo at gumagawa ng bagong gawain bawat araw. Ito ang gawaing Aking ginagawa, at ang mahalaga rito ay ang mga salitang “bago” at “kamangha-mangha.” “Ang Diyos ay hindi nagbabago, at ang Diyos ay palaging magiging Diyos”: ang kasabihang ito ay talagang totoo; ang kakanyahan ng Diyos ay hindi nagbabago, ang Diyos ay palaging Diyos, at hindi Siya magiging Satanas kailanman, ngunit hindi nito pinatutunayan na ang Kanyang gawain ay palagian at hindi nagbabago na tulad ng Kanyang kakanyahan. Ipinapahayag mo na ang Diyos ay hindi nagbabago, ngunit paano mo maipaliliwanag, kung gayon, na ang Diyos ay palaging bago at hindi kailanman luma? Ang gawain ng Diyos ay patuloy na lumalaganap at palaging nagbabago, at ang Kanyang kalooban ay patuloy na ipinamamalas at ipinaalam sa tao. Habang nararanasan ng tao ang gawain ng Diyos, ang kanyang disposisyon ay patuloy na nagbabago, tulad ng kanyang kaalaman. Saan galing, kung gayon, ang pagbabagong ito? Hindi ba mula sa gawain ng Diyos na palaging nagbabago? Kung ang disposisyon ng tao ay maaaring magbago, bakit hindi matulutan ng tao na patuloy ring magbago

ang Aking gawain at Aking mga salita? Kailangan ba Akong sumailalim sa mga paghihigpit ng tao? Dito, hindi ka ba gumagamit ng mga sapilitang argumento at maling pangangatwiran?

Kasunod ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, nagpakita si Jesus sa mga disipulo at nagsabi, “Ipadadala Ko sa inyo ang pangako ng Aking Ama, datapuwa’t magsipanatili kayo sa bayan, hanggang sa kayo’y masangkapan ng kapangyarihang galing sa itaas.” Alam mo ba kung paano maipaliliwanag ang mga salitang ito? Nasasangkapan ka na ba ngayon ng Kanyang kapangyarihan? Nauunawaan mo ba kung ano ang tinatawag na “kapangyarihan”? Ipinahayag ni Jesus na ang Espiritu ng katotohanan ay ipagkakaloob sa tao sa mga huling araw. Ito na ang mga huling araw; nauunawaan mo ba kung paano nagpapahayag ng mga salita ang Espiritu ng katotohanan? Saan lumilitaw at gumagawa ang Espiritu ng katotohanan? Sa aklat ng propesiya ng propetang si Isaias, hindi binanggit kailanman na isang batang nagngangalang Jesus ang isisilang sa kapanahunan ng Bagong Tipan; nakasulat lamang na may isang sanggol na lalaking nagngangalang Emmanuel ang isisilang. Bakit hindi binanggit ang pangalang Jesus? Hindi lumilitaw ang pangalang ito kahit saan sa Lumang Tipan, kung gayon, bakit naniniwala ka pa rin kay Jesus? Siguradong hindi ka lamang nagsimulang maniwala kay Jesus matapos mo Siyang makita sa sarili mong mga mata, hindi ba? O nagsimula ka bang maniwala nang makatanggap ka ng isang paghahayag? Talaga bang pakikitaan ka ng Diyos ng gayong biyaya? Pagkakalooban ka ba Niya ng gayon kalalaking pagpapala? Ano ang batayan ng iyong paniniwala kay Jesus? Bakit hindi ka naniniwala na naging tao na ang Diyos ngayon? Bakit mo sinasabi na ang kawalan ng isang paghahayag sa iyo mula sa Diyos ay nagpapatunay na hindi Siya nagkatawang-tao sa laman? Kailangan bang magpaalam ang Diyos sa mga tao bago Niya simulan ang Kanyang gawain? Kailangan ba muna Niyang matanggap ang kanilang pagsang-ayon? Ipinahayag lamang ni Isaias na isisilang ang isang lalaking sanggol sa isang sabsaban; hindi niya ipinropesiya kailanman na si Maria ang magluluwal kay Jesus. Saan mo ba talaga ibinabatay ang iyong paniniwala na isisilang ni Maria si Jesus? Siguradong hindi magulo ang iyong paniniwala? Sabi ng ilan, ang pangalan ng Diyos ay hindi nagbabago. Kung gayon, bakit naging Jesus ang pangalan ni Jehova? Ipinropesiya na darating ang Mesiyas, kaya bakit dumating ang isang taong nagngangalang Jesus? Bakit nagbago ang pangalan ng Diyos? Hindi ba matagal nang isinagawa ang gawaing iyon? Maaari bang hindi makagawa ang Diyos ng mas bagong gawain ngayon? Ang gawain ng kahapon ay maaaring baguhin, at ang gawain ni Jesus ay maaaring sumunod mula roon kay Jehova. Kung gayon, hindi ba maaaring sundan ng ibang gawain ang gawain ni Jesus? Kung ang pangalan ni Jehova ay maaaring palitan ng Jesus, hindi ba maaaring palitan din ang pangalan ni Jesus? Walang kakaiba rito; kaya lang napakakitid ng isipan ng mga tao. Ang Diyos ay palaging magiging Diyos. Paano man magbago ang Kanyang gawain, at paano man maaaring magbago ang Kanyang pangalan, hindi magbabago ang Kanyang disposisyon at karunungan kailanman. Kung naniniwala ka na ang Diyos ay maaari lamang tawagin sa

pangalang Jesus, napakalimitado ng iyong kaalaman. Nangangahas ka bang igiit na Jesus ang magiging pangalan ng Diyos magpakailanman, na ang Diyos ay palaging tatawagin sa pangalang Jesus magpakailanman, at na hindi ito magbabago kailanman? Nangangahas ka bang igiit nang may katiyakan na ang pangalan ni Jesus ang nagwakas ng Kapanahunan ng Kautusan at magwawakas din sa huling kapanahunan? Sino ang makapagsasabi na mawawakasan ng biyaya ni Jesus ang kapanahunan? Kung wala kang malinaw na pagkaunawa sa mga katotohanang ito, hindi ka lamang walang kakayahang ipangaral ang ebanghelyo, kundi hindi ka mismo makakapanindigan. Pagdating ng araw na nalulutas mo ang lahat ng hrap ng mga relihiyosong tao at napapabulaanan ang lahat ng kamalian nila, iyon ang magiging patunay na lubos kang nakatitiyak sa yugtong ito ng gawain at wala ka ni katiting na pagdududa. Kung hindi mo mapabulaanan ang kanilang mga kamalian, pararatangan ka nila at sisiraang-puri. Hindi ba nakakahiya iyon?

Nabasa ng lahat ng Hudyo ang Lumang Tipan at alam nila ang propesiya ni Isaias na may isang sanggol na lalaki na isisilang sa isang sabsaban. Kung gayon, bakit inusig pa rin nila si Jesus sa kabila ng lubos na pagkaalam sa propesiyang ito? Hindi ba dahil sa kanilang likas na pagkasuwail at kamangmangan tungkol sa gawain ng Banal na Espiritu? Sa panahong iyon, naniwala ang mga Pariseo na ang gawain ni Jesus ay naiiba sa alam nila tungkol sa ipinropesiyang sanggol na lalaki, at tinatanggihan ng mga tao ngayon ang Diyos dahil hindi sang-ayon sa Bibliya ang gawain ng Diyos na nagkatawang-tao. Hindi ba pareho ang diwa ng kanilang pagkasuwail sa Diyos? Matatanggap mo ba, nang walang pag-aalinlangan, ang buong gawain ng Banal na Espiritu? Kung ito ang gawain ng Banal na Espiritu, ito ang tamang daloy, at dapat mong tanggapin ito nang walang anumang mga pagdududa; hindi mo dapat piliin kung ano ang iyong tatanggapin. Kung magkamit ka ng mas maraming kabatiran sa Diyos at mas maingat ka sa Kanya, hindi ba ito kalabisan? Hindi mo kailangang humanap ng iba pang patunay mula sa Bibliya; kung ito ang gawain ng Banal na Espiritu, kailangan mong tanggapin ito, sapagkat naniniwala ka sa Diyos upang sundan ang Diyos, at hindi mo Siya dapat siyasatin. Hindi ka dapat maghanap ng iba pang katibayan tungkol sa Akin upang patunayan na Ako ang iyong Diyos, kundi dapat mong mahiwatigan kung may pakinabang Ako sa iyo—ito ang pinakamahalaga. Kahit makakita ka ng maraming di-mapabulaanang patunay sa Bibliya, hindi ka nito lubos na maihaharap sa Akin. Mamumuhay ka lamang sa loob ng sakop ng Bibliya, at hindi sa Aking harapan; hindi ka matutulungan ng Bibliya na makilala Ako, ni hindi nito mapapalalim ang pagmamahal mo sa Akin. Bagama't ipinropesiya sa Bibliya na isisilang ang isang sanggol na lalaki, walang sinumang makakaarok kung kanino matutupad ang propesiya, sapagkat hindi alam ng tao ang gawain ng Diyos, at ito ang dahilan kaya nilabanan ng mga Pariseo si Jesus. Alam ng ilan na ang Aking gawain ay para sa interes ng tao, subalit patuloy silang naniniwala na si Jesus at Ako ay dalawang ganap na magkahiwalay, at hindi magkatugma. Sa panahong iyon, nagbigay lamang ng sunud-sunod na sermon si Jesus sa Kanyang

mga disipulo sa Kapanahunan ng Biyaya tungkol sa mga paksa kung paano magsagawa, paano magtipun-tipon, paano magmakaawa sa panalangin, paano tratuhin ang iba, at iba pa. Ang gawaing Kanyang isinagawa ay yaong sa Kapanahunan ng Biyaya, at ipinaliwanag lamang Niya kung paano nararapat magsagawa ang mga disipulo at yaong mga sumunod sa Kanya. Ginawa lamang Niya ang gawain ng Kapanahunan ng Biyaya, at wala Siyang ginawa sa gawain ng mga huling araw. Nang itakda ni Jehova ang batas ng Lumang Tipan sa Kapanahunan ng Kautusan, bakit hindi Niya ginawa noon ang gawain ng Kapanahunan ng Biyaya? Bakit hindi Niya maagang nilinaw ang gawain ng Kapanahunan ng Biyaya? Hindi ba ito makakatulong na tanggapin ito ng tao? Ipinropesiya lamang Niya na isisilang ang isang sanggol na lalaki at magiging makapangyarihan, ngunit hindi Niya isinagawa nang maaga ang gawain ng Kapanahunan ng Biyaya. Ang gawain ng Diyos sa bawat isang kapanahunan ay may malilinaw na hangganan; ginagawa lamang Niya ang gawain ng kasalukuyang kapanahunan, at hindi Niya isinasakatuparan nang maaga ang sumunod na yugto ng gawain kailanman. Sa ganitong paraan lamang maisusulong ang Kanyang gawaing kumakatawan sa bawat kapanahunan. Nagsalita lamang si Jesus tungkol sa mga tanda ng huling mga araw, paano maging mapagpasensya at paano maligtas, paano magsisi at mangumpisal, at kung paano magpasan ng krus at magtiis ng hiras; hindi Niya kailanman binanggit kung paano dapat pumasok ang tao sa huling mga araw, ni kung paano niya dapat hangaring palugurin ang kalooban ng Diyos. Sa gayon, hindi ba katawa-tawang saliksikin ang Bibliya para sa gawain ng Diyos sa mga huling araw? Ano ang makikita mo sa paghawak lamang nang mahigpit sa Bibliya? Isa mang tagapaglahad ng Bibliya o isang mangangaral, sino ang makakakita nang maaga sa gawain ngayon?

“Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.” Narinig na ba ninyo ngayon ang mga salita ng Banal na Espiritu? Ang mga salita ng Diyos ay dumating na sa inyo. Naririnig ba ninyo ang mga ito? Ginagawa ng Diyos ang gawain ng mga salita sa mga huling araw, at ang gayong mga salita ay yaong sa Banal na Espiritu, sapagkat ang Diyos ang Banal na Espiritu at maaari ding maging tao; samakatuwid, ang mga salita ng Banal na Espiritu, na pinag-uusapan noong araw, ay ang mga salita ng Diyos na nagkatawang-tao ngayon. Maraming mga katawa-tawang taong naniniwala na dahil ang Banal na Espiritu ang nagsasalita, dapat manggaling ang Kanyang tinig sa kalangitan para marinig ng mga tao. Sinumang nag-iisip sa ganitong paraan ay hindi alam ang gawain ng Diyos. Ang totoo, ang mga pagbigkas na sinasambit ng Banal na Espiritu ay yaong mga sinambit ng Diyos na naging tao. Hindi kaya ng Banal na Espiritu na magsalita nang tuwiran sa tao; kahit sa Kapanahunan ng Kautusan, hindi nagsalita si Jehova nang tuwiran sa mga tao. Hindi ba mas malamang na hindi Niya gawin iyon sa kapanahunang ito ngayon? Para sumambit ng mga pagbigkas ang Diyos para magsagawa ng gawain, kailangan Siyang maging tao; kung hindi, hindi maisasakatuparan ng Kanyang gawain ang mga layunin nito. Yaong mga nagkakaila sa Diyos na nagkatawang-tao ay yaong mga hindi nakakakilala sa Espiritu o sa mga prinsipyong sinusunod ng Diyos sa

paggawa. Yaong mga naniniwala na ngayon ang kapanahunan ng Banal na Espiritu, subalit hindi tinatanggap ang Kanyang bagong gawain, ay yaong mga namumuhay sa gitna ng malabo at mahirap-unawaing pananampalataya. Ang gayong mga tao ay hindi kailanman tatanggap ng gawain ng Banal na Espiritu. Yaong mga humihiling lamang na sambitin at isagawa nang tuwiran ng Banal na Espiritu ang Kanyang gawain, at ayaw tanggapin ang mga salita o gawain ng Diyos na nagkatawang-tao, ay hindi kailanman makakatapak sa bagong kapanahunan o tatanggap ng ganap na pagliligtas ng Diyos!

Tanging ang mga Nakakikilala sa Diyos at Nakaaalam sa Kanyang Gawain ang Makapagbibigay-lugod sa Diyos

May dalawang bahagi ang gawain ng Diyos na nagkatawang-tao. Noong una Siyang nagkatawang-tao, hindi Siya pinaniwalaan o kinilala ng mga tao, at ipinako nila si Jesus sa krus. Noong magkatawang-tao Siya sa ikalawang pagkakataon, hindi pa rin naniwala sa Kanya ang mga tao, lalo pa ang kilalanin Siya, at muli nilang ipinako si Cristo sa krus. Hindi ba't ang tao ang kaaway ng Diyos? Kung hindi Siya kilala ng tao, paano magiging malapit ang tao sa Diyos? At paano siya magiging karapat-dapat magpatotoo sa Diyos? Hindi ba't pawang mapanlinlang na kasinungalingan ang mga pag-angkin ng tao ng pagmamahal sa Diyos, paglilingkod sa Diyos, at pagluwalhati sa Diyos? Kung itatalaga mo ang iyong buhay sa mga di-makatotohanan at di-praktikal na mga bagay na ito, hindi ba gumagawa ka nang walang kabuluhan? Paano ka magiging malapit sa Diyos kung hindi mo man lamang nakikilala kung sino ang Diyos? Hindi ba ang gayong paghahangad ay malabo at mahirap maunawaan? Hindi ba ito mapanlinlang? Paano ba maaaring maging malapit sa Diyos ang isang tao? Ano ang praktikal na kabuluhan ng pagiging malapit sa Diyos? Maaari ka bang maging malapit sa Espiritu ng Diyos? Makikita mo ba kung gaano kadakila at katayog ang Espiritu? Ang maging malapit sa di-nakikita at di-nahahawakang Diyos—hindi ba iyan malabo at mahirap maunawaan? Ano ang praktikal na kabuluhan ng gayong paghahangad? Hindi ba ang lahat ng ito ay mapanlinlang na kasinungalingan? Ang hinahangad mo ay maging malapit sa Diyos, gayong sa totoo lang ikaw ay masunuring aso ni Satanas, dahil hindi mo kilala ang Diyos, at hinahangad ang di-umiiral na “Diyos ng lahat ng bagay,” na di-nakikita, di-nahahawakan, at bunga ng iyong sariling mga kuru-kuro. Sa walang katiyakang pananalita, ang gayong “Diyos” ay si Satanas, at sa praktikal na pananalita, ito ay ikaw mismo. Hinahangad mo ang maging malapit sa iyong sarili, ngunit sinasabi pa rin na hinahangad mo ang maging malapit sa Diyos—hindi ba iyan isang paglapastangan? Ano ang halaga ng gayong paghahangad? Kung ang Espiritu ng Diyos ay hindi nagkatawang-tao, ang diwa ng Diyos ay isa lamang di-nakikita at di-nahahawakang Espiritu ng buhay, walang anyo at walang hugis, mula

sa uring di-materyal, di-nalalapitan at di-nauunawaan ng tao. Paano magiging malapit ang tao sa isang walang-katawan, kamangha-mangha, at di-maarok na Espiritu na gaya nito? Hindi ba ito isang biro? Ang gayong katawa-tawang pangangatuwiran ay walang bisa at hindi praktikal. Ang nilikhang tao ay mula sa isang likas na uri na iba sa Espiritu ng Diyos, kaya paano magiging magkaniig ang dalawa? Kung ang Espiritu ng Diyos ay hindi nabuo sa katawang-tao, kung ang Diyos ay hindi naging tao at ibinaba ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng pagiging isang nilalang, kung gayon, ang taong nilalang ay kapwa hindi karapat-dapat at walang kakayahang maging kaniig Niya, at maliban sa mga mananampalatayang maka-diyos na maaaring magkaroon ng pagkakataong maging mga kaniig ng Diyos matapos na nakapasok sa langit ang kanilang mga kaluluwa, hindi makakaya ng karamihan sa mga tao na maging mga kaniig ng Espiritu ng Diyos. At kung nais ng mga tao na maging mga kaniig ng Diyos sa langit sa ilalim ng gabay ng Diyos na nagkatawang-tao, hindi ba sila mga kamangha-manghang hangal na di-tao? Naghahangad lamang ang mga tao ng “katapatan” sa isang di-nakikitang Diyos, at hindi nagtutuon ng bahagya mang pansin sa nakikitang Diyos, sapagkat napakadaling maghangad sa isang di-nakikitang Diyos. Maaari itong gawin ng tao ayon sa kanilang kagustuhan, ngunit ang paghahangad sa nakikitang Diyos ay hindi napakadali. Ang tao na naghahanap sa isang malabong Diyos ay walang pasubaling hindi kayang matamo ang Diyos, sapagkat ang mga bagay na malabo at walang-ano ay naguguni-guni lamang ng tao, at hindi kayang matamo ng tao. Kung ang Diyos na pumarito sa gitna ninyo ay isang marangal at mataas na Diyos na hindi ninyo maabot, paano ninyo mauunawaan ang Kanyang kalooban? At paano ninyo Siya makikilala at mauunawaan? Kung ginawa lamang Niya ang Kanyang gawain, at hindi nagkaroon ng karaniwang ugnayan sa tao, o walang taglay na normal na pagkatao at hindi malapitan ng mga mortal lamang, kung gayon, kahit na marami Siyang ginawa para sa inyo ngunit wala kayong pakikipag-ugnayan sa Kanya, at hindi nagawang makita Siya, paano ninyo Siya makikilala? Kung hindi dahil sa katawang-taong ito na taglay ang normal na pagkatao, walang magiging paraan ang tao para makilala ang Diyos; dahil lamang sa pagkakatawang-tao ng Diyos kaya ang tao ay karapat-dapat maging kaniig ng Diyos na nagkatawang-tao. Kaya nagiging mga kaniig ng mga tao ang Diyos dahil nakikipag-ugnayan sila sa Kanya, sapagkat nabubuhay silang kasama Siya at sinasamahan Siya, at sa gayo’y unti-unting nakikilala Siya. Kung hindi ganoon, hindi ba ang paghahangad ng tao ay mawawalan ng kabuluhan? Ibig sabihin, hindi lamang dahil sa gawain ng Diyos na nakakaya ng tao na maging malapit sa Diyos, kundi dahil sa pagkatotoo at pagiging karaniwan ng Diyos na nagkatawang-tao. Dahil lamang sa ang Diyos ay nagiging tao kaya ang mga tao ay mayroong pagkakataon upang gampanan ang kanilang tungkulin, at pagkakataon upang sambahin ang tunay na Diyos. Hindi ba ito ang pinakatunay at praktikal na katotohanan? Ngayon, nais mo pa rin bang maging kaniig ng Diyos sa langit? Tanging kapag nagpakababa ang Diyos Mismo hanggang sa isang punto, na ibig sabihin, tanging kapag ang Diyos ay

nagkatawang-tao, na ang tao ay maaaring maging kaniig Niya at katiwalang-loob Niya. Ang Diyos ay Espiritu: Paano magiging karapat-dapat ang tao na maging mga kaniig ng Espiritu ng ito, na napakataas at di-maarok? Tanging kapag bumaba ang Espiritu ng Diyos sa katawang-tao, at nagiging isang nilalang na may parehong panlabas na anyo ng tao, na maaaring maunawaan ng tao ang Kanyang kalooban at talagang matamo Niya. Nagsasalita at gumagawa Siya sa katawang-tao, nakikibahagi sa mga kaligayahan, kalungkutan, at kapighatian ng sangkatauhan, namumuhay sa kaparehong daigdig ng sangkatauhan, pinangangalagaan ang sangkatauhan, ginagabayan sila, at sa pamamagitan nito nililinis Niya ang mga tao, at hinahayaang matamo nila ang Kanyang pagliligtas at Kanyang pagpapala. Matapos matamo ang mga bagay na ito, tunay na nauunawaan ng mga tao ang kalooban ng Diyos, at saka lamang maaari silang maging mga kaniig ng Diyos. Ito lamang ang praktikal. Kung ang Diyos ay di-nakikita at di-nahahawakan ng mga tao, paano sila magiging mga kaniig Niya? Hindi ba ito isang doktrinang walang laman?

Sa paniniwala sa Diyos hanggang ngayon, maraming tao pa rin ang naghahangad doon sa malabo at walang-anyo. Wala silang pagkaunawa sa pagkatotoo ng gawain ng Diyos sa ngayon, at patuloy pang namumuhay sa gitna ng mga titik at doktrina. Bukod dito, karamihan ay hindi pa nakapapasok sa realidad ng mga bagong pariralang tulad ng ang “bagong henerasyon ng mga nagmamahal sa Diyos,” ang “kaniig ng Diyos,” ang “halimbawa at huwaran ng pag-ibig sa Diyos,” at ang “pamamaraan ni Pedro”; sa halip, ang kanilang paghahangad ay nananatiling malabo at mahirap maunawaan, nangangapa pa rin sila sa doktrina, at wala silang pagkaunawa sa realidad ng mga salitang ito. Kapag ang Espiritu ng Diyos ay nagkatawang-tao, makikita at mahahawakan mo ang Kanyang gawain sa katawang-tao. Ngunit kung hindi mo pa rin kayang maging kaniig Niya, kung hindi mo pa rin kayang maging Kanyang katiwalang-loob, paano ka magiging pinagkakatiwalaan ng Espiritu ng Diyos? Kung hindi mo kilala ang Diyos ng kasalukuyan, paano ka magiging isa sa bagong henerasyon ng mga nagmamahal sa Diyos? Hindi ba’t ang mga pariralang ito ay walang-katuturang mga titik at doktrina? Kaya mo bang makita ang Espiritu at maunawaan ang Kanyang kalooban? Hindi ba walang laman ang mga pariralang ito? Hindi sapat na basta mo lamang sabihin ang ganitong mga parirala at kataga, at hindi mo rin makakamit ang kaluguran ng Diyos sa pamamagitan ng kapasyahan lamang. Nasisiyahan ka sa pagbigkas lamang ng mga salitang ito, at ginagawa mo ito para bigyang-kasiyahan ang iyong sariling mga mithiin, upang bigyang-kasiyahan ang iyong sariling di-makatotohanang mga mithiin, at bigyang-kasiyahan ang iyong sariling mga kuru-kuro at pag-iisip. Kung hindi mo kilala ang Diyos ng kasalukuyan, kahit ano pa man ang gawin mo, hindi mo makakayang bigyang-lugod ang mithiin ng puso ng Diyos. Ano ba ang kahulugan ng pagiging pinagkakatiwalaan ng Diyos? Hindi mo pa rin ba ito nauunawaan? Dahil kaniig ng Diyos ang tao, kaya ang Diyos ay tao rin. Ibig sabihin, ang Diyos ay nagkatawang-tao, at naging tao. Tanging yaong magkakatulad na uri ang maaaring magtawagang katiwalang-loob

ang isa't-isa, sa gayon lamang sila maituturing na mga magkaniig. Kung ang Diyos ay Espiritu, paano Siya magiging kaniig ng nilikhang tao?

Ang iyong paniniwala sa Diyos, ang iyong paghahangad sa katotohanan, at maging ang iyong asal ay dapat nakabatay lahat sa katotohanan: Dapat maging praktikal ang anumang ginagawa mo, at hindi ka dapat maghangad ng mga hindi tunay at imahinatibong bagay. Walang halaga ang umasal nang ganito, at, bukod pa rito, walang kabuluhan sa gayong buhay. Dahil ang iyong paghahangad at buhay ay ginugugol sa gitna ng kasinungalingan at panlilinlang lamang, at dahil hindi ka naghahangad ng mga bagay na may halaga at kabuluhan, ang tanging nakakamit mo ay mga katawa-tawang pangangatuwiran at doktrinang lihis sa katotohanan. Walang kaugnayan ang gayong mga bagay sa kabuluhan at halaga ng iyong pag-iral, at maaari lamang magdala sa iyo sa hungkag na lupain. Sa ganitong paraan, ang buong buhay mo ay mawawalan ng anumang halaga o kabuluhan—at kung hindi ka naghahangad ng isang makabuluhang buhay, maaari kang mabuhay nang isang daang taon at ang lahat ng ito ay mawawalan ng silbi. Paano iyan matatawag na buhay ng tao? Kung tutuusin, hindi ba't iyan ay buhay ng isang hayop? Gayundin, kung sinusubukan ninyong sundan ang landas ng paniniwala sa Diyos, ngunit walang pagtatangkang maghangad sa Diyos na nakikita at sa halip ay sumasamba sa isang hindi nakikita at hindi nahahawakang Diyos, hindi ba't ang gayong paghahangad ay lalo pang walang-saysay? Sa huli, ang iyong paghahangad ay magiging isang bunton ng mga guho. Ano ang pakinabang sa iyo ng gayong paghahangad? Ang pinakamalaking suliranin sa tao ay minamahal lamang niya ang mga bagay na hindi nakikita o nahahawakan, mga bagay na labis na mahiwaga at kamangha-mangha at hindi lubos na mawari ng tao at hindi kayang maabot ng mga mortal lamang. Habang lalong hindi makatotohanan ang mga bagay na ito, lalong susuriin ang mga ito ng mga tao, at hinahangad pa ang mga iyon ng mga tao na walang pakialam sa ibang mga bagay, at tatangkaing makamtan ang mga iyon. Habang lalong hindi makatotohanan ang mga iyon, lalong malapitang bubusisiin at sisiyasatin ng mga tao ang mga iyon, na aabot pa nga sa paggawa ng mga sarili nilang puspusang kaisipan tungkol sa mga ito. Taliwas dito, habang higit na makatotohanan ang mga bagay, higit na hindi ito binibigyang-pansin ng mga tao; minamaliit lamang at hinahamak pa nga nila ang mga ito. Hindi ba't ito ang inyong tunay na saloobin sa makatotohanang gawain Ko ngayon? Habang higit na makatotohanan ang gayong mga bagay, higit na kumikiling kayo laban sa mga ito. Hindi kayo nagbibigay ng panahon para suriin ang mga iyon, sa halip ay hindi na lamang ninyo pinapansin ang mga iyon; hinahamak ninyo ang mga ganitong pangangailangan na makatotohanan at may mababang pamantayan, at nag-iingat pa nga kayo ng napakaraming kuru-kuro tungkol sa Diyos na pinakatunay, at basta walang kakayahang tanggapin ang Kanyang pagiging tunay at karaniwan. Sa ganitong paraan, hindi ba't isang malabong paniniwala ang inyong pinanghahawakan? Mayroon kayong hindi natitinag na paniniwala sa hindi malinaw na Diyos ng nakalipas na panahon, at walang pagkawili sa tunay na Diyos ng kasalukuyan. Hindi ba't ito ay dahil sa ang Diyos ng

kahapon at ang Diyos ng kasalukuyan ay mula sa dalawang magkaibang panahon? Hindi rin ba't ito ay dahil sa ang Diyos ng kahapon ay ang mabunying Diyos ng kalangitan, samantalang ang Diyos ng kasalukuyan ay isa lamang maliit na tao sa lupa? Dagdag pa, hindi ba't ito ay dahil sa ang Diyos na sinasamba ng tao ay ang siyang kinatha ng kanyang mga kuru-kuro, samantalang ang Diyos ng kasalukuyan ay totoong katawang-tao na iniluwal sa lupa? Kapag nasabi at nagawa na ang lahat, hindi ba't ito ay dahil sa ang Diyos ng kasalukuyan ay totoong-totoo kaya't hindi Siya hinahangad ng mga tao? Sapagka't ang hinihingi sa mga tao ng Diyos ng kasalukuyan ay yaong sadyang pinakaayaw gawin ng mga tao, at yaong nakapagpaparamdam sa kanila ng kahihyan. Hindi ba't ginagawa lamang nitong mahirap para sa mga tao ang mga bagay? Hindi ba nito inilalantad ang mga pilat ng mga tao? Sa ganitong paraan, maraming tao ang hindi hinahanap ang tunay na Diyos, ang praktikal na Diyos, kaya naman nagiging kaaway sila ng nagkatawang-taong Diyos, na ang ibig sabihin, ay mga anticristo sila. Hindi ba't ito ay isang malinaw na katunayan? Sa nakalipas, noong hindi pa nagkakatawang-tao ang Diyos, ikaw marahil ay naging isang relihiyosong tao o isang debotong mananampalataya. Pagkaraang magkatawang-tao ang Diyos, marami sa mga gayong debotong mananampalataya ang naging mga anticristo nang hindi nila namamalayan. Alam mo ba kung ano ang nangyayari dito? Sa iyong paniniwala sa Diyos, hindi ka nagtutuon ng pansin sa realidad o naghahangad sa katotohanan, bagkus ay nahuhumaling sa mga kabulaanan—hindi ba't ito ang pinakamalinaw na pinagmumulan ng iyong pakikipag-alitan sa Diyos na nagkatawang-tao? Ang Diyos na nagkatawang-tao ay tinatawag na Cristo, kaya hindi ba't anticristo ang lahat ng hindi naniniwala sa Diyos na nagkatawang-tao? Kaya tunay ba na ang iyong pinaniniwalaan at minamahal ay ang Diyos na nagkatawang-tao? Ito nga ba ang buhay, humihingang Diyos na pinakatotoo at bukod-tanging karaniwan? Ano ba ang talagang layunin ng iyong paghahangad? Ito ba ay nasa langit o nasa lupa? Ito ba ay isang kuru-kuro o ito ang katotohanan? Ito ba ay ang Diyos o isang nilalang na supernatural? Sa katunayan, ang katotohanan ang pinakatunay na talinghaga ng buhay, at ang pinakamataas sa gayong mga talinghaga sa buong sangkatauhan. Sapagkat ito ang kinakailangan ng Diyos sa tao, at ang gawaing personal na ginagampanan ng Diyos, kaya't tinatawag itong “talinghaga ng buhay.” Hindi ito isang talinghagang binuo mula sa kung anong bagay, o hindi rin ito isang tanyag na panipi mula sa isang dakilang tao. Sa halip, ito ang pagbigkas sa sangkatauhan mula sa Panginoon ng kalangitan at ng lupa at ng lahat ng bagay; hindi ito ilang salita na nilagom ng tao, kundi ang likas na buhay ng Diyos. Kaya nga ito ang tinatawag na “pinakamataas sa lahat ng talinghaga ng buhay.” Ang paghahangad ng mga tao na isagawa ang katotohanan ay pagganap sa kanilang tungkulin—ibig sabihin, ito ay ang paghahangad na tugunan ang hinihingi ng Diyos. Ang diwa ng hinihinging ito ang pinakatunay sa lahat ng katotohanan, at hindi doktrinang walang katuturan na hindi makakamtan ng sinuman. Kung ang iyong paghahangad ay doktrina lamang at walang nilalamang realidad, hindi ba't naghihimagsik ka laban sa

katotohanan? Hindi ka ba isang tao na sumasalakay sa katotohanan? Paano mangyayari na ang gayong tao ay maging isang may pagnanais na mahalin ang Diyos? Ang mga taong walang realidad ay yaong mga nagkakanulo sa katotohanan, at lahat sila ay likas na mapanghimagsik!

Kung paano ka man naghahangad, dapat mong maunawaan, higit sa lahat, ang gawain na ginagawa ng Diyos ngayon, at dapat mong malaman ang kabuluhan ng gawaing ito. Dapat mong maunawaan at malaman kung anong gawain ang dala-dala ng Diyos sa Kanyang pagdating sa mga huling araw, kung anong disposisyon ang hatid Niya, at kung ano ang gagawing ganap sa tao. Kung hindi mo alam o nauunawaan ang gawaing Kanyang gagawin bilang katawang-tao, paano mo mauunawaan ang Kanyang kalooban, at paano ka magiging kaniig Niya? Sa katunayan, hindi masalimuot ang pagiging kaniig ng Diyos, at hindi rin naman payak. Kung kaya ng mga tao na maunawaan itong lubusan at maisagawa ito, nawawala ang pagkamasalimuot nito; kung hindi ito kayang maunawaan nang lubusan ng mga tao, higit itong nagiging mahirap, at higit pa riyan, nanganganib na mauwi sa kalabuan ang kanilang paghahangad. Kung sa paghahangad sa Diyos ay walang maging sariling sandigan ang mga tao at hindi nila alam kung anong katotohanan ang dapat panghawakan, nangangahulugan ito na wala silang saligan, kaya't magiging mahirap para sa kanila ang manindigan. Sa ngayon, napakaraming hindi nakauunawa sa katotohanan, hindi nakakikilala sa kaibhan ng mabuti at masama o nakapagsasabi kung ano ang iibigin o kamumuhian. Ang gayong mga tao ay mahihirapang makapaninindigan. Susi sa paniniwala sa Diyos ang kakayahang isagawa ang katotohanan, mapangalagaan ang kalooban ng Diyos, malaman ang gawain ng Diyos sa tao kapag Siya ay nagkatawang-tao at ang mga prinsipyo na sa pamamagitan ng mga ito ay nagsasalita Siya. Huwag sumunod sa masa. Dapat kang magkaroon ng mga prinsipyo hinggil sa kung ano ang nararapat mong pasukin, at dapat mong panghawakan ang mga ito. Ang mahigpit na paghawak sa mga bagay na yaon sa kalooban mo na dinala ng kaliwanagan ng Diyos ay makatutulong sa iyo. Kung hindi, liliko ka sa isang direksyon ngayon, at bukas naman ay sa ibang direksyon, kailanman ay wala kang makakamit na anumang totoo. Ang pagiging ganito ay walang pakinabang sa iyong buhay. Yaong mga hindi nakauunawa sa katotohanan ay laging sumusunod sa iba: Kung sinasabi ng mga tao na ito ang gawain ng Banal na Espiritu, ikaw man ay magsasabi rin na ito ay gawain ng Banal na Espiritu; kung sinasabi ng mga tao na ito ay gawain ng masamang espiritu, mag-aalinlangan ka na rin o sasabihin rin na ito ay gawain ng masamang espiritu. Lagi mong ginagaya ang mga sinasabi ng iba, at hindi mo kayang kumilala mag-isa ng kaibhan ng kahit ano, ni hindi mo kayang mag-isip para sa iyong sarili. Ito ay isang tao na walang paninindigan, na hindi kayang kumilala ng pagkakaiba—ang gayong tao ay walang-halaga at napakasamang tao! Lagi mong inuulit ang mga sinasabi ng iba: Sinasabi ngayon na ito ang gawain ng Banal na Espiritu, ngunit malamang na balang araw ay may magsasabi na hindi ito gawain ng Banal na Espiritu, na ito sa katunayan ay walang iba kundi mga gawa ng tao—ngunit hindi mo ito

mahiwatigan, at kapag nasaksihan mong sinasabi ito ng iba, sinasabi mo rin ang gayong bagay. Ito ay talagang gawain ng Banal na Espiritu, ngunit sinasabi mo na gawain ito ng tao; hindi kaya naging isa ka na sa mga lumalapastangan sa gawain ng Banal na Espiritu? Sa bagay na ito, hindi ba't sumasalungat ka na sa Diyos dahil hindi mo kayang tukuyin ang pagkakaiba? Marahil, may isang hangal na susulpot isang araw at magsasabing "ito ay gawain ng masamang espiritu," at kapag narinig mo ang mga salitang ito, hindi mo na alam ang gagawin, at muli kang magagapos sa mga sinasabi ng iba. Tuwing may nagpapasimuno ng ligalig, hindi mo magawang manindigan, at ito ay dahil hindi mo taglay ang katotohanan. Ang paniniwala sa Diyos at paghahangad na makilala ang Diyos ay hindi isang madaling bagay. Hindi ito matatamo sa pagtitipon-tipon lamang at pakikinig sa pangangaral, at hindi ka mapeperpekto sa pamamagitan ng bugso ng damdamin lamang. Dapat mong maranasan, at malaman, at magtaglay ng prinsipyo sa iyong mga pagkilos, at makamit ang gawain ng Banal na Espiritu. Kapag sumailalim ka na sa mga karanasan, makakaya mong kilalanin ang maraming bagay—makakaya mong kilalanin ang pagkakaiba ng mabuti at masama, ng katuwiran at kasamaan, ng kung ano ang sa laman at dugo at kung ano ang sa katotohanan. Dapat mong makilala ang pagkakaiba ng mga bagay na ito, at sa pagsasagawa nito, anuman ang mangyari, hindi ka kailanman maliligaw. Ito lamang ang iyong totoong katayuan.

Ang pag-alam sa gawain ng Diyos ay hindi isang simpleng bagay. Dapat na mayroon kang mga pamantayan at layunin sa iyong paghahangad, dapat mong malaman kung paano hanapin ang tunay na daan, at kung paano sukatin kung ito ba ang tunay na daan o hindi, at kung ito ba ay gawain ng Diyos o hindi. Ano ang pinakasaligang prinsipyo sa paghahanap sa tunay na daan? Kailangan mong tingnan kung naroon o wala ang gawain ng Banal na Espiritu sa daang ito, kung ang mga salitang ito ay pagpapahayag o hindi ng katotohanan, sino ang pinatotohanan, at ano ang maidudulot nito sa iyo. Ang pag-alam ng pagkakaiba sa pagitan ng tunay na daan at huwad na daan ay nangangailangan ng ilang aspeto ng batayang kaalaman, na ang pinakasaligan dito ay ang pag-alam kung naroon o wala ang gawain ng Banal na Espiritu. Sapagkat ang diwa ng paniniwala ng mga tao sa Diyos ay ang paniniwala sa Espiritu ng Diyos, at kahit ang paniniwala nila sa Diyos na nagkatawang-tao ay dahil sa ang katawang-tao na ito ay ang pagsasakatawan ng Espiritu ng Diyos, na nangangahulugang ang gayong paniniwala ay paniniwala pa rin sa Espiritu. May mga pagkakaiba sa pagitan ng Espiritu at ng katawang-tao, ngunit dahil ang katawang-tao na ito ay nagmumula sa Espiritu, at siyang Salita na naging tao, sa gayon ang pinaniniwalaan ng tao ay ang likas na diwa pa rin ng Diyos. Kaya't sa pagkilala kung ito ay ang tunay na daan o hindi, higit sa lahat dapat mong tingnan kung naroon o wala ang gawain ng Banal na Espiritu, at pagkaraan ay dapat mong tingnan kung mayroon o walang katotohanan sa daang ito. Ang katotohanan ang disposisyon sa buhay ng karaniwang pagkatao, na ang ibig sabihin ay yaong hiniling sa tao noong lalangin siya ng Diyos sa pasimula, at ito ay ang sumusunod, ang karaniwang pagkatao sa kabuuan nito (kabilang ang katinuan ng tao, panloob na pananaw,

karunungan, at ang batayang kaalaman ng pagiging tao). Ibig sabihin, kailangan mong tingnan kung madadala ba o hindi ng landas na ito ang tao sa buhay ng karaniwang pagkatao, kung ang katotohanan na sinasalita ay kailangan o hindi ayon sa realidad ng karaniwang pagkatao, kung ang katotohanang ito ay praktikal at tunay o hindi, at kung ito ay sadyang napapanahon o hindi. Kung may katotohanan, makakaya nitong pangunahan ang mga tao sa karaniwan at tunay na mga karanasan; higit pa rito, nagiging lalong higit na karaniwan ang mga tao, lubos na nagiging ganap ang kanilang diwa, nagiging lalong higit na maayos ang kanilang buhay sa laman at ang espirituwal na buhay, at nagiging lalong higit na normal ang kanilang mga emosyon. Ito ang ikalawang prinsipyo. May isa pang prinsipyo, at iyan ay kung nadaragdagan ba o hindi ang pagkakilala ng tao sa Diyos, at kung ang pagdanas ng ganoong gawain at katotohanan ay may kakayahan o wala na pumukaw ng pagmamahal sa kanilang loob para sa Diyos, at higit silang mapalapit sa Diyos. Sa ganito masusukat kung ito ang tunay na daan o hindi. Ang pinakasaligan ay kung ang daang ito ay makatotohanan imbes na supernatural, at kung ito ay nakapagkakaloob sa buhay ng tao o hindi. Kung ito ay umaayon sa mga prinsipyong nabanggit, maaaring mabuo ang pagpapasya na ang daang ito ang tunay na daan. Sinasabi Ko ang mga ito hindi upang tanggapin ninyo ang ibang daan sa inyong mga daranasin sa hinaharap, o bilang hula na magkakaroon ng gawain ng isa pang bagong kapanahunan sa hinaharap. Sinasabi Ko ang mga ito upang matiyak ninyo na ang daan ng kasalukuyan ang tunay na daan, upang hindi kayo maging bahagya lamang na nakakatiyak sa inyong paniniwala sa gawain ng kasalukuyan at hindi makayang makamit ang kabatiran tungo rito. Maraming iba pa, na sa kabila ng pagiging tiyak, ay sumusunod pa rin nang may pagkalito; ang gayong katiyakan ay walang kaakibat na prinsipyo, at ang mga ganoong tao ay dapat maalis sa malaon o madali. Kahit yaong mga talagang masigasig sa kanilang pagsunod ay tatlong bahaging nakatitiyak at limang bahaging di-nakatitiyak, na nagpapakitang wala silang saligan. Dahil napakahina ng inyong kakayahan at napakababaw ng inyong saligan, wala kayong pagkaunawa sa pag-iiba-iba. Hindi inuulit ng Diyos ang Kanyang gawain, hindi Siya gumagawa ng gawaing hindi makatotohanan, hindi Siya nag-aatas ng labis-labis sa tao, at hindi Siya gumagawa ng higit sa pang-unawa ng tao. Ang lahat ng Kanyang ginagawa ay napapaloob sa saklaw ng karaniwang pang-unawa ng tao, at hindi lumalampas sa pang-unawa ng karaniwang pagkatao, at ang Kanyang gawain ay naaayon sa mga karaniwang hinihingi sa tao. Kung ito ang gawain ng Banal na Espiritu, ang mga tao ay nagiging lalong higit na karaniwan, at ang kanilang pagkatao ay nagiging lalong higit na karaniwan. Nagkakaroon ng ibayong kaalaman ang mga tao tungkol sa kanilang tiwaling disposisyong malasatanas, at ng diwa ng tao, at nagkakaroon din sila ng higit na pag-asam sa katotohanan. Ang ibig lang sabihin, lumalago nang lumalago ang buhay ng tao, at nakakayanan ng tiwaling disposisyon ng tao ang padagdag nang padagdag na pagbabago—na lahat ay siyang kahulugan ng pagiging buhay ng tao ng Diyos. Kung ang isang daan ay walang kakayahang ihayag ang gayong mga bagay na

siyang diwa ng tao, walang kakayahang baguhin ang disposisyon ng tao, at higit pa rito, walang kakayahang dalhin ang mga tao sa harap ng Diyos o bigyan sila ng tunay na pagkaunawa sa Diyos, at nagiging sanhi pa upang ang kanilang pagkatao ay higit pang maging mababa at ang kanilang katinuan ay higit pang maging hindi karaniwan, ang daang ito, kung gayon, ay hindi ang tunay na daan, at maaaring ito ay gawain ng masamang espiritu, o ang lumang daan. Sa madaling salita, hindi ito ang gawain ng Banal na Espiritu sa kasalukuyan. Naniwala na kayo sa Diyos sa loob ng mga taong ito, ngunit wala kayong nahihiwatigan sa mga prinsipyo para sa pagkilala sa pagkakaiba ng tunay na daan at huwad na daan o sa paghahanap sa tunay na daan. Karamihan ng mga tao ay hindi man lamang interesado sa ganitong mga bagay; sumusunod lamang sila kung saan pumupunta ang karamihan, at inuulit ang sinasabi ng nakararami. Paanong magiging ito ang tao na naghahanap sa tunay na daan? At paano masusumpungan ng ganoong mga tao ang tunay na daan? Kung inyong mauunawaan ang ilang mga pangunahing prinsipyong ito, hindi kayo malililang anuman ang mangyari. Sa ngayon, napakahalagang makaya ng mga tao na malaman ang mga pagkakaiba; ito ang dapat na tinataglay ng karaniwang pagkatao, at ito ang dapat taglayin ng tao sa kanyang karanasan. Kung, hanggang sa kasalukuyan, wala pa ring naipagkakaiba ang mga tao sa kanilang pagsunod, at ang kanilang pantaong diwa ay hindi pa rin lumago, napakahangal ng mga tao kung gayon, at ang kanilang paghahangad ay mali at lihis. Wala ni bahagya mang pagkakaiba sa iyong paghahangad ngayon, at samantalang ito ay totoo, tulad ng iyong sinasabi, na natagpuan mo na ang tunay na daan, nakamit mo na ba iyon? Nagawa mo na bang makilala ang anumang pagkakaiba? Ano ang diwa ng tunay na daan? Sa tunay na daan, hindi mo nakamit ang tunay na daan; wala kang nakamit na anuman sa katotohanan. Ibig sabihin, hindi mo nakamit ang hinihingi sa iyo ng Diyos, kaya't wala pa ring pagbabago sa iyong katiwalian. Kung ipagpapatuloy mo ang paghahangad sa ganitong paraan, sa huli ay tiyak na maaalis ka. Dahil nakasunod ka na hanggang sa araw na ito, dapat mong matiyak na ang natahak mo nang daan ay siyang tamang daan, at hindi ka na dapat magkaroon ng mga pagdududa pa. Maraming tao ang laging nag-aalinlangan at humihinto sa paghahangad sa katotohanan dahil sa ilang maliliit na bagay. Ang mga gayong tao ay yaong walang kaalaman sa gawain ng Diyos, sila yaong mga sumusunod sa Diyos nang may pagkalito. Ang mga tao na hindi nakakaalam ng gawain ng Diyos ay walang kakayahang maging mga kaniig Niya, o magbigay-patotoo sa Kanya. Pinapayuhan Ko ang mga naghahanap lamang ng pagpapala at naghahangad lamang sa kung ano ang malabo at mahirap maunawaan na hangarin ang katotohanan sa lalong madaling panahon, upang ang kanilang buhay ay magkaroon ng kabuluhan. Huwag na ninyong linlangin pa ang inyong sarili!

Ang Pagkakaiba sa Pagitan ng Ministeryo ng Diyos na Nagkatawang-tao at ng Tungkulin ng Tao

Kailangan ninyong malaman ang mga pangitain ng gawain ng Diyos at maintindihan ang pangkalahatang direksyon ng Kanyang gawain. Ito ay positibong pagpasok. Kapag naisaulo na ninyo nang tumpak ang katotohanan ng mga pangitain, magiging sigurado ang iyong pagpasok; paano man magbago ang gawain ng Diyos, mananatiling matatag ang iyong puso, magiging malinaw sa iyo ang mga pangitain, at magkakaroon ng layunin ang iyong pagpasok at iyong pinagsisikapan. Sa ganitong paraan, lahat ng karanasan at kaalaman sa iyong kalooban ay mas lalalim at magiging mas detalyado. Kapag naintindihan mo na ang mas malaking larawan sa kabuuan nito, hindi ka daranas ng anumang mga kawalan sa buhay, ni hindi ka maliligaw ng landas. Kung hindi mo malalaman ang mga hakbang na ito ng gawain, daranas ka ng kawalan sa bawat hakbang, at aabutin ka ng ilang araw para makabawi, ni hindi mo magagawang tumahak sa tamang landas kahit sa loob ng dalawang linggo. Hindi ba ito magsasanhi ng mga pagkaantala? Napakaraming hadlang sa positibong pagpasok at pagsasagawang kailangan mong maisaulo. Patungkol sa mga pangitain ng gawain ng Diyos, kailangan mong maintindihan ang sumusunod na mga punto: ang kahalagahan ng Kanyang gawain ng panlulupig, ang landas tungo sa pagiging perpekto sa hinaharap, ano ang kailangang makamtan sa pamamagitan ng pagdanas ng mga pagsubok at pagdurusa, ang kabuluhan ng paghatol at pagkastigo, ang mga prinsipyo sa likod ng gawain ng Banal na Espiritu, at ang mga prinsipyo sa likod ng pagiging perpekto at paglupig. Lahat ng ito ay nabibilang sa katotohanan ng mga pangitain. Ang iba pa ay ang tatlong yugto ng gawain sa Kapanahunan ng Kautusan, sa Kapanahunan ng Biyaya, at sa Kapanahunan ng Kaharian, gayundin sa patotoo sa hinaharap. Ang mga ito ay katotohanan din tungkol sa mga pangitain, at ang mga ito ang pinakapangunahin at ang pinakamahalaga rin. Sa kasalukuyan, napakarami ninyong dapat pasukin at isagawa, at mas patung-patong ito at mas detalyado. Kung wala kang walang kaalaman tungkol sa mga katotohanang ito, pinatutunayan nito na hindi ka pa nakakapasok. Kadalasan, ang kaalaman ng tao tungkol sa katotohanan ay napakababaw; hindi nila maisagawa ang ilang pangunahing katotohanan at hindi nila alam kung paano harapin maging ang walang-kuwentang mga bagay. Hindi naisasagawa ng mga tao ang katotohanan dahil suwail ang kanilang disposisyon, at dahil ang kanilang kaalaman tungkol sa gawain sa ngayon ay napakababaw at may pinapanigan. Sa gayon, hindi madaling gawing perpekto ang mga tao. Napakasuwail mo, at pinananaig mo ang dati mong pagkatao; hindi ka makapanindigan sa panig ng katotohanan, at hindi mo maisagawa kahit ang pinakamaliwanag sa mga katotohanan. Ang gayong mga tao ay hindi maililigtas at sila yaong hindi pa nalupig. Kung ang iyong pagpasok ay walang detalye ni mga layunin, magiging mabagal ang paglago para sa iyo. Kung wala ni katiting na realidad sa iyong pagpasok, ang

iyong pinagsisikapan ay mawawalan ng kabuluhan. Kung hindi mo alam ang diwa ng katotohanan, hindi ka magbabago. Ang paglago sa buhay ng tao at mga pagbabago sa kanyang disposisyon ay nakakamtan sa pagpasok sa realidad at, bukod pa rian, sa pamamagitan ng pagpasok sa detalyadong mga karanasan. Kung marami kang detalyadong karanasan sa iyong pagpasok, at marami kang aktwal na kaalaman at pagpasok, mabilis na magbabago ang iyong disposisyon. Kahit hindi ka pa ganap na nalilinawan, sa kasalukuyan, tungkol sa pagsasagawa, kailangan mong malinawan man lamang ang mga pangitain ng gawain ng Diyos. Kung hindi, hindi ka makakapasok; posible lamang ang pagpasok kapag mayroon kang kaalaman tungkol sa katotohanan. Kung nililiwanagan ka ng Banal na Espiritu sa iyong karanasan, saka ka lamang magtatamo ng mas malalim na pagkaunawa sa katotohanan, at makakapasok nang mas malalim. Kailangan mong malaman ang gawain ng Diyos.

Sa simula, pagkaraan ng paglikha sa sangkatauhan, ang mga Israelita ang nagsilbing batayan ng gawain ng Diyos. Ang buong Israel ang naging batayan ng gawain ni Jehova sa lupa. Ang gawain ni Jehova ay upang direktang akayin at gabayan ang tao sa pamamagitan ng pagpapahayag ng mga batas, upang ang tao ay makapamuhay nang normal at sumamba kay Jehova sa normal na paraan sa lupa. Ang Diyos sa Kapanahunan ng Kautusan ay hindi nakikita ni nahihipo ng tao. Dahil lahat ng Kanyang ginawa ay upang gabayan ang pinakaunang mga taong ginawang tiwali ni Satanas, na tinuturan at inaakay sila, ang Kanyang mga salita ay walang ibang naging laman kundi mga batas, kautusan, at pamantayan ng pag-uugali ng tao, at hindi ibinigay sa kanila ang mga katotohanan ng buhay. Ang mga Israelita sa ilalim ng Kanyang pamumuno ay di-gaanong nagawang tiwali ni Satanas. Ang Kanyang gawain ng kautusan ay pinakaunang yugto lamang sa gawain ng pagliligtas, ang pinakasimula ng gawain ng pagliligtas, at wala talagang kinalaman sa mga pagbabago sa disposisyon sa buhay ng tao. Samakatuwid, hindi kinailangan sa simula ng gawain ng pagliligtas na Siya ay magkatawang-tao para sa Kanyang gawain sa Israel. Ito ang dahilan kaya Niya kinailangan ng isang daluyan—isang kasangkapan—na magagamit upang makipag-ugnayan sa tao. Sa gayon, lumitaw sa kalagitnaan ng mga nilalang yaong mga nangusap at gumawa sa ngalan ni Jehova, kung paanong ang mga anak ng tao at ang mga propeta ay nakagawa sa tao. Ang mga anak ng tao ay gumawa sa tao sa ngalan ni Jehova. Ang matawag ni Jehova na “mga anak ng tao” ay nangangahulugan na ang gayong mga tao ay nagpahayag ng mga batas sa ngalan ni Jehova. Mga saserdote rin sila sa mga tao ng Israel, mga saserdoteng binantayan at pinrotektahan ni Jehova, at sa kanila gumawa ang Espiritu ni Jehova; sila ang mga pinuno sa mga tao at tuwirang naglingkod kay Jehova. Ang mga propeta, sa kabilang dako naman, ay nakatuon sa pagsasalita, sa ngalan ni Jehova, sa mga tao mula ng lahat ng lupain at tribo. Sila rin yaong mga nagpropesiya sa gawain ni Jehova. Mga anak man sila ng tao o mga propeta, lahat ay ibinangon ng Espiritu ni Jehova Mismo at nasa kanila ang gawain ni Jehova. Sa mga tao, sila yaong mga tuwirang kumatawan kay Jehova; ginawa lamang nila ang kanilang gawain dahil

ibinangon sila ni Jehova at hindi dahil nagkatawang-tao sa kanila ang Banal na Espiritu Mismo. Samakatuwid, bagama't pareho silang nagsasalita at gumagawa sa ngalan ng Diyos, yaong mga anak ng tao at yaong mga propeta sa Kapanahunan ng Kautusan ay hindi ang laman ng Diyos na nagkatawang-tao. Ang gawain ng Diyos sa Kapanahunan ng Biyaya at ang huling yugto ay ang kabaligtaran mismo, sapagkat ang gawain ng pagliligtas at paghatol sa tao ay kapwa isinagawa ng Diyos na nagkatawang-tao Mismo, kaya nga talagang hindi na kailangang minsan pang magbangon ng mga propeta at ng mga anak ng tao upang gumawa sa ngalan Niya. Sa mga mata ng tao, walang malalaking pagkakaiba sa pagitan ng diwa at pamamaraan ng kanilang gawain. At sa ganitong kadahilanan kaya laging napagkakamalan ng tao ang gawain ng Diyos na nagkatawang-tao na gawain ng mga propeta at ng mga anak ng tao. Ang pagpapakita ng Diyos na nagkatawang-tao ay halos kapareho ng sa mga propeta at sa mga anak ng tao. At ang Diyos na nagkatawang-tao ay mas normal at mas totoo pa nga kaysa sa mga propeta. Sa gayon, ang tao ay walang kakayahang matukoy ang pagkakaiba nila. Ang tao ay nagtutuon lamang sa mga anyo, na lubos na hindi namamalayan na, kahit pareho silang gumagawa at nagsasalita, may malaking pagkakaiba sa pagitan nila. Dahil napakaliit ng kakayahan ng tao na matukoy ang pagkakaiba nila, hindi niya kayang makatukoy sa pagitan ng mga simpleng isyu, lalo na sa isang bagay na napakakumplikado. Nang magsalita at gumawa ang mga propeta at ang mga taong iyon na kinasangkapan ng Banal na Espiritu, iyon ay upang isagawa ang mga tungkulin ng tao, upang maglingkod sa tungkulin ng isang nilalang, at iyon ay isang bagay na kailangang gawin ng tao. Gayunman, ang mga salita at gawain ng Diyos na nagkatawang-tao ay ang isakatuparan ang Kanyang ministeryo. Bagama't ang Kanyang panlabas na anyo ay sa isang nilalang, ang Kanyang gawain ay hindi upang isagawa ang Kanyang tungkulin kundi ang Kanyang ministeryo. Ang katagang "tungkulin" ay ginagamit patungkol sa mga nilalang, samantalang ang "ministeryo" ay ginagamit patungkol sa laman ng Diyos na nagkatawang-tao. May isang mahalagang pagkakaiba sa pagitan ng dalawa; hindi sila maaaring pagpalitin. Ang gawain ng tao ay gawin lamang ang kanyang tungkulin, samantalang ang gawain ng Diyos ay mamahala, at isakatuparan ang Kanyang ministeryo. Samakatuwid, bagama't maraming apostol ang kinasangkapan ng Banal na Espiritu at maraming propeta ang napuspos sa Kanya, ang kanilang gawain at mga salita ay para lamang gampanan ang kanilang tungkulin bilang mga nilalang. Ang kanilang mga propesiya ay maaaring higit pa sa daan ng buhay na binanggit ng Diyos na nagkatawang-tao, at ang kanilang pagkatao ay maaaring higit pa kaysa sa Diyos na nagkatawang-tao, ngunit ginawa pa rin nila ang kanilang tungkulin, at hindi sila nagsagawa ng isang ministeryo. Ang tungkulin ng tao ay tumutukoy sa tungkulin ng tao; iyon ang kayang makamtan ng tao. Gayunman, ang ministeryong isinagawa ng Diyos na nagkatawang-tao ay may kaugnayan sa Kanyang pamamahala, at hindi ito kayang makamtan ng tao. Nagsasalita man ang Diyos na nagkatawang-tao, gumagawa, o nagpapakita ng mga himala, gumagawa Siya ng dakilang gawain sa gitna ng Kanyang pamamahala, at ang gayong gawain ay hindi magagawa

ng tao bilang kahalili Niya. Ang gawain ng tao ay ang gawin lamang ang kanyang tungkulin bilang isang nilalang sa isang partikular na yugto ng gawain ng pamamahala ng Diyos. Kung wala ang pamamahala ng Diyos, ibig sabihin, kung mawawala ang ministryo ng Diyos na nagkatawang-tao, mawawala rin ang tungkulin ng isang nilalang. Ang gawain ng Diyos sa pagsasakatuparan ng Kanyang ministryo ay ang pamahalaan ang tao, samantalang ang pagganap ng tao sa kanyang tungkulin ay pagtupad sa kanyang sariling obligasyon na tugunan ang mga hinihiling ng Lumikha, at hindi maituturing sa anumang paraan na pagsasagawa ng ministryo ng isang tao. Sa likas na diwa ng Diyos—sa Kanyang Espiritu—ang gawain ng Diyos ay ang Kanyang pamamahala, ngunit sa Diyos na nagkatawang-tao, na suot ang panlabas na anyo ng isang nilalang, ang Kanyang gawain ay ang pagsasagawa ng Kanyang ministryo. Anumang gawain ang Kanyang ginagawa ay upang isagawa ang Kanyang ministryo; ang tanging magagawa ng tao ay gawin ang kanyang makakaya sa loob ng saklaw ng pamamahala ng Diyos at sa ilalim ng Kanyang patnubay.

Ang pagganap ng tao sa kanyang tungkulin ay, sa totoo lang, ang pagsasakatuparan ng lahat ng likas sa kalooban ng tao, na ibig sabihin ay, yaong posible para sa tao. Noon lamang natutupad ang kanyang tungkulin. Ang mga depekto ng tao sa kanyang paglilingkod ay unti-unting nababawasan sa pamamagitan ng umuunlad na karanasan at ng proseso ng pagpapailalim niya sa paghatol; hindi ito nakapipigil o nakakaapekto sa tungkulin ng tao. Yaong mga tumitigil sa paglilingkod o sumusuko at umuurong dahil sa takot na maaaring may mga sagabal sa kanilang paglilingkod ang pinakamatinding karuwagan sa lahat. Kung hindi kayang ipahayag ng mga tao ang nararapat nilang ipahayag habang naglilingkod o makamit kung ano ang likas na posible para sa kanila, at sa halip ay nagbibiru-biruan at gumagawa lamang para matapos na, naiwala na nila ang tungkuling dapat taglayin ng isang nilalang. Ang gayong mga tao ay kilala bilang “mga walang-kabuluhan”; sila ay mga walang-silbing yagit. Paano matatawag nang wasto na mga nilalang ang gayong mga tao? Hindi ba mga tiwali silang nilalang na maningning sa labas ngunit bulok sa loob? Kung tinatawag ng isang tao ang kanyang sarili na Diyos subalit hindi niya magawang ipahayag ang katauhan ng pagka-Diyos, gawin ang gawain ng Diyos Mismo, o katawanin ang Diyos, walang-dudang hindi siya Diyos, sapagkat wala siyang diwa ng Diyos, at yaong likas na nakakamit ng Diyos ay hindi umiiral sa kanyang kalooban. Kung mawala sa tao ang likas na makakamit niya, hindi na siya maituturing na tao, at hindi siya karapat-dapat na tumayo bilang isang nilalang o humarap sa Diyos at paglingkuran Siya. Bukod pa ryan, hindi siya karapat-dapat na tumanggap ng biyaya ng Diyos o mabantayan, maprotektahan, at magawang perpekto ng Diyos. Maraming hindi na pinagtiwalaan ng Diyos ang tuluyan nang nawalan ng biyaya ng Diyos. Hindi lamang nila hindi kinasusuklaman ang kanilang mga pagkakamali, kundi tahasan nilang ipinalalaganap ang ideya na ang daan ng Diyos ay mali, at yaong mga suwail ay ikinakaila pa ang pag-iral ng Diyos. Paano magkakaroon ng karapatan ang gayong mga tao, na nagtataglay ng gayong pagkasuwail, na

matamasa ang biyaya ng Diyos? Yaong mga hindi gumagawa ng kanilang tungkulin ay napakasuwail sa Diyos, at malaki ang pagkakautang sa Kanya, subalit tumatalikod sila at ipinangangalandakan na mali ang Diyos. Paano magiging karapat-dapat ang gayong uri ng tao na magawang perpekto? Hindi ba sa kanila magsisimula ang pag-aalis at pagpaparusa? Ang mga taong hindi gumagawa ng kanilang tungkulin sa harap ng Diyos ay nagkasala na ng pinaka-kahindik-hindik na krimen, kung saan kahit kamatayan ay hindi sapat na kaparusahan, subalit may gana pa silang makipagtalo sa Diyos at makipagtagisan sa Kanya. Ano ang halaga ng gawing perpekto ang gayong mga tao? Kung nabibigo ang mga tao na tuparin ang kanilang tungkulin, dapat silang surutin ng kanilang budhi at makadama ng pagkakautang; dapat nilang kasuklaman ang kanilang kahinaan at kawalang-silbi, ang kanilang pagkasuwail at pagkatiwali, at bukod pa ryan, dapat nilang ibigay ang kanilang buhay sa Diyos. Saka lamang sila magiging mga nilalang na tunay na nagmamahal sa Diyos, at ang gayong mga tao lamang ang karapat-dapat na magtamasa ng mga pagpapala at pangako ng Diyos, at magawa Niyang perpekto. At paano naman ang nakararami sa inyo? Paano ninyo tinatrato ang Diyos na namumuhay sa piling ninyo? Paano ninyo nagampanan ang inyong tungkulin sa Kanyang harapan? Nagawa ba ninyo ang lahat ng ipinagawa sa inyo, kahit na ang kapalit nito ay ang sarili ninyong buhay? Ano ang inyong naisakripisyo? Hindi ba marami kayong natanggap mula sa Akin? Nakakahiwatig ba kayo? Gaano kayo katapat sa Akin? Paano ninyo Ako napaglingkuran? At paano na ang lahat ng Aking naipagkaloob sa inyo at nagawa para sa inyo? Nasuri na ba ninyo ang lahat ng ito? Nahusgahan na ba ninyong lahat at naikumpara ito sa kakatiting na konsensya sa inyong kalooban? Sino ang magiging karapat-dapat sa inyong mga salita at pagkilos? Karapat-dapat kaya ang napakaliit na sakripisyo ninyo sa lahat ng Aking naipagkaloob sa inyo? Wala Akong ibang magagawa at buong-puso na Akong naging tapat sa inyo, subalit nagkikimkim kayo ng masasamang layon at wala kayong interes sa Akin. Iyan ang lawak ng inyong tungkulin, ng inyong tanging tungkulin. Hindi ba ganito? Hindi ba ninyo alam na lubos kayong bigong gampanan ang tungkulin ng isang nilalang? Paano kayo maituturing bilang isang nilalang? Hindi ba malinaw sa inyo ang inyong ipinapahayag at isinasabuhay? Nabigo kayong tuparin ang inyong tungkulin, ngunit hinahangad ninyong matamo ang pagpaparaya at saganang biyaya ng Diyos. Ang gayong biyaya ay hindi naihanda para sa mga walang-silbi at hamak na katulad ninyo, kundi para sa mga yaong walang hinihinging kapalit at malugod na nagsasakripisyo. Ang mga taong katulad ninyo, na mga walang kabuluhan, ay lubos na hindi karapat-dapat na matamasa ang biyaya ng langit. Hirap at walang-katapusang kaparusahan lamang ang makakasama ninyo sa araw-araw! Kung hindi ninyo kayang maging tapat sa Akin, ang inyong kapalaran ay magiging isang pagdurusa. Kung hindi ninyo kayang managot sa Aking mga salita at Aking gawain, ang kahihinatnan ninyo ay isang kaparusahan. Lahat ng biyaya, pagpapala, at kamangha-manghang buhay sa kaharian ay hindi magkakaroon ng kinalaman sa inyo. Ito ang katapusang nararapat na mapasainyo at ang bunga ng inyong sariling

kagagawan! Hindi lamang hindi sinisikap ng mga mangmang at mayayabang ang kanilang makakaya, ni hindi nila ginagampanan ang kanilang tungkulin, nakalahad pa ang kanilang mga palad para sa biyaya, na para bang karapat-dapat sila sa kanilang hinihingi. At kung bigo silang matamo ang kanilang hinihingi, lalo pa silang nagiging hindi matapat. Paano maituturing na makatwiran ang gayong mga tao? Mahina ang inyong kakayahan at wala kayong katwiran, ganap kayong walang kakayahang tuparin ang tungkuling dapat ninyong gawin sa gawain ng pamamahala. Bumaba na ang inyong kahalagahan. Ang kabiguan ninyong suklian Ako sa pagpapakita sa inyo ng gayong biyaya ay isa nang pagpapakita ng sukdulang pagkasuwail, na sapat upang kayo ay isumpa at nagpapamalas ng inyong karuwagan, kawalan ng kakayahan, kababaan, at pagiging hindi karapat-dapat. Paano kayo nagkaroon ng karapatang patuloy na ilahad ang inyong mga kamay? Ang inyong mga pagkakamali at kabiguan ay hindi kayo makatulong ni katiting sa Aking gawain, hindi ninyo kayang maging matapat, at hindi kayo makatayong saksi para sa Akin, kundi sa halip ay tinutuligsa ninyo Ako, nagkakalat kayo ng mga kasinungalingan tungkol sa Akin, at nagrereklamo kayo na hindi Ako matuwid. Ito ba ang bumubuo sa inyong katapatan? Ito ba ang bumubuo sa inyong pagmamahal? Ano ang iba pang gawaing magagawa ninyo na higit kaysa rito? Paano kayo nakatulong sa lahat ng gawaing nagawa? Gaano kalaki ang inyong nagugol? Nagpakita na Ako ng malaking pagpaparaya dahil hindi Ko kayo sinisisi, subalit patuloy pa rin kayong hindi nahihiyang mangatwiran sa Akin at magreklamo tungkol sa Akin nang lihim. Mayroon ba kayong kahit katiting na bahid ng pagkamakatao? Bagama't ang tungkulin ng tao ay nababahiran ng pag-iisip ng tao at ng kanyang mga kuru-kuro, kailangan mong gawin ang iyong tungkulin at ipakita ang iyong katapatan. Ang mga karumihan sa gawain ng tao ay isang isyu ng kanyang kakayahan, samantalang, kung hindi ginagawa ng tao ang kanyang tungkulin, nagpapakita ito ng kanyang pagkasuwail. Walang kaugnayan sa pagitan ng tungkulin ng tao at kung siya ay pinagpala o isinumpa. Ang tungkulin ay kung ano ang nararapat tuparin ng tao; ito ang tungkuling bigay sa kanya ng langit, at hindi dapat umasa sa gantimpala, mga kondisyon, o mga dahilan. Saka lamang niya nagagawa ang kanyang tungkulin. Ang mapagpala ay kapag ang isang tao ay nagawang perpekto at nagtatamasa ng mga biyaya ng Diyos matapos magdanas ng paghatol. Ang maisumpa ay kapag ang disposisyon ng isang tao ay hindi nagbabago matapos silang magdanas ng pagkastingo at paghatol, iyon ay kapag hindi pa sila nagawang perpekto kundi pinarusahan. Ngunit napagpala man sila o naisumpa, dapat tuparin ng mga nilalang ang kanilang tungkulin, gawin ang dapat nilang gawin, at gawin ang kaya nilang gawin; ito ang pinakamaliit na bagay na dapat gawin ng isang tao, isang taong naghahanap sa Diyos. Hindi mo dapat gawin ang iyong tungkulin para lamang mapagpala, at hindi ka dapat tumangging kumilos dahil sa takot na maisumpa. Sasabihin Ko sa inyo ang isang bagay na ito: Ang pagganap ng tao sa kanyang tungkulin ang dapat niyang gawin, at kung hindi niya kayang gampanan ang kanyang tungkulin, ito ang kanyang pagkasuwail. Sa pamamagitan ng proseso ng paggawa ng kanyang

tungkulin unti-unting nagbabago ang tao, at sa pamamagitan ng prosesong ito niya ipinamamalas ang kanyang katapatan. Sa gayon, kapag mas nagagawa mo ang iyong tungkulin, mas maraming katotohanan kang matatanggap, at magiging mas totoo ang iyong pagpapahayag. Yaong mga gumagawa para matapos na lamang ang kanilang tungkulin at hindi hinahanap ang katotohanan ay aalisin sa bandang huli, sapagkat ang gayong mga tao ay hindi ginagawa ang kanilang tungkulin sa pagsasagawa ng katotohanan, at hindi isinasagawa ang katotohanan sa pagtupad ng kanilang tungkulin. Sila yaong mga nananatiling hindi nagbabago at isusumpa. Hindi lamang marumi ang kanilang mga pagpapahayag, kundi masama ang lahat ng kanilang ipinapahayag.

Sa Kapanahunan ng Biyaya, sumambit din si Jesus ng maraming salita at gumawa ng maraming gawain. Paano Siya naiba kay Isaias? Paano Siya naiba kay Daniel? Isa ba Siyang propeta? Bakit sinasabi na Siya si Cristo? Ano ang mga pagkakaiba sa pagitan nila? Sila ay pawang mga taong sumambit ng mga salita, at ang kanilang mga salita humigit-kumulang ay mukhang magkakapareho sa tao. Lahat sila ay sumambit ng mga salita at gumawa ng gawain. Ang mga propeta ng Lumang Tipan ay sumambit ng mga propesiya, at gayundin, kaya iyon ni Jesus. Bakit ganito? Ang pagkakaiba rito ay batay sa likas na katangian ng gawain. Para mahiwatigan ang bagay na ito, huwag mong isaalang-alang ang likas na katangian ng laman, ni hindi mo dapat isaalang-alang ang kalaliman o kababawan ng kanilang mga salita. Kailangan mo palaging isaalang-alang muna ang kanilang gawain at ang mga epekto ng kanilang gawain sa tao. Ang mga propesiyang sinambit ng mga propeta sa panahong iyon ay hindi tinustusan ang buhay ng tao, at ang mga inspirasyong tinanggap ng mga katulad nina Isaias at Daniel ay mga propesiya lamang, at hindi ang daan ng buhay. Kung hindi dahil sa tuwirang paghahayag ni Jehova, walang sinumang makagagawa ng gawaing iyon, na hindi posible para sa mga mortal. Sumambit din si Jesus ng maraming salita, ngunit ang gayong mga salita ay ang daan ng buhay kung saan makasusumpong ang tao ng isang landas ng pagsasagawa. Ibig sabihin, una, maaari Niyang tustusan ang buhay ng tao, sapagkat si Jesus ang buhay; pangalawa, maaari Niyang baligtarin ang mga paglihis ng tao; pangatlo, ang Kanyang gawain ay maaaring sumunod sa gawain ni Jehova para ipagpatuloy ang kapanahunan; pang-apat, maaari Niyang maintindihan ang mga pangangailangan sa kalooban ng tao at maunawaan kung ano ang kulang sa tao; panlima, maaari Niyang pasimulan ang isang bagong kapanahunan at wakasan ang dati. Kaya nga Siya tinatawag na Diyos at Cristo; hindi lamang Siya iba kay Isaias kundi maging sa lahat ng iba pang mga propeta. Ikumpara natin si Isaias para sa gawain ng mga propeta. Una, hindi niya kayang tustusan ang buhay ng tao; pangalawa, hindi niya kayang magpasimula ng isang bagong kapanahunan. Gumagawa siya noon sa ilalim ng pamumuno ni Jehova at hindi para magpasimula ng isang bagong kapanahunan. Pangatlo, ang mga salitang kanyang sinambit ay higit pa sa kaya niyang sambitin. Tuwiran siyang tumatanggap noon ng mga paghahayag mula sa Espiritu ng Diyos, at hindi ito mauunawaan ng iba, kahit napakinggan nila ang mga ito. Ang ilang bagay na ito lamang ay sapat na upang

patunayan na ang kanyang mga salita ay mga propesiya lamang, isang aspeto lamang ng gawaing ginawa sa ngalan ni Jehova. Gayunman, hindi niya kayang lubos na katawanin si Jehova. Siya ay lingkod ni Jehova, isang kasangkapan sa gawain ni Jehova. Ginagawa lamang niya ang gawain sa loob ng Kapanahunan ng Kautusan at sa loob ng saklaw ng gawain ni Jehova; hindi siya gumawa nang lampas pa sa Kapanahunan ng Kautusan. Bagkus, iba ang gawain ni Jesus. Nilagpasan Niya ang saklaw ng gawain ni Jehova; gumawa Siya bilang Diyos na nagkatawang-tao at ipinako sa krus upang tubusin ang buong sangkatauhan. Ibig sabihin, nagsagawa Siya ng bagong gawaing bukod sa gawaing ginawa ni Jehova. Ito ang pagpapasimula ng isang bagong kapanahunan. Dagdag pa rito, nagawa Niyang banggitin yaong hindi kayang makamtan ng tao. Ang Kanyang gawain ay gawain sa loob ng pamamahala ng Diyos at sakop ang buong sangkatauhan. Hindi Siya gumawa sa ilang tao lamang, ni hindi layon ng Kanyang gawain na pamunuan ang limitadong bilang ng mga tao. Hinggil sa kung paano nagkatawang-tao ang Diyos bilang isang tao, paano nagbigay ng mga paghahayag ang Espiritu sa panahong iyon, at paano bumaba ang Espiritu sa isang tao upang gumawa ng gawain—ito ay mga bagay na hindi nakikita o nahihipo ng tao. Lubos na imposibleng magsilbing patunay ang mga katotohanang ito na Siya ang Diyos na nagkatawang-tao. Sa gayon, ang pagkakaiba ay makikita lamang sa mga salita at gawain ng Diyos, na nahihipo ng tao. Ito lamang ang totoo. Ito ay dahil ang mga bagay ng Espiritu ay hindi mo nakikita at malinaw lamang na nalalaman ng Diyos Mismo, at kahit ang nagkatawang-taong laman ng Diyos ay hindi alam ang lahat; mapapatunayan mo lamang kung Siya ang Diyos mula sa gawaing Kanyang nagawa. Mula sa Kanyang gawain, makikita na, una, nagagawa Niyang magbukas ng isang bagong kapanahunan; pangalawa, nagagawa Niyang tustusan ang buhay ng tao at ipakita sa tao ang daang susundan. Sapat na ito upang mapagtibay na Siya ang Diyos Mismo. Kahit paano, ang gawaing Kanyang ginagawa ay kayang lubos na katawanin ang Espiritu ng Diyos, at mula sa gawaing iyon ay makikita na ang Espiritu ng Diyos ay nasa loob Niya. Dahil ang gawaing ginawa ng Diyos na nagkatawang-tao una sa lahat ay para magpasimula ng isang bagong kapanahunan, mamahala sa bagong gawain, at magbukas ng isang bagong kaharian, ang mga ito lamang ay sapat na upang magpatunay na Siya ang Diyos Mismo. Sa gayon ay ipinapakita nito ang kaibhan Niya kina Isaias, Daniel, at iba pang dakilang mga propeta. Sina Isaias, Daniel, at ang iba pa ay pawang nasa uri ng mga taong mataas ang pinag-aralan at edukado; sila ay katangi-tanging mga tao sa ilalim ng pamumuno ni Jehova. Ang laman ng Diyos na nagkatawang-tao ay maalam din at may katinuan, ngunit ang Kanyang pagkatao ay partikular na normal. Siya ay isang ordinaryong tao, at hindi mahiwatigan ng paningin ang anumang espesyal na pagkatao tungkol sa Kanya o matukoy ang anuman sa Kanyang pagkatao na hindi kagaya ng sa iba. Ni hindi man lamang Siya higit-sa-karaniwan o natatangi, at hindi mataas ang Kanyang pinag-aralan, kaalaman, o teorya. Ang buhay na Kanyang binanggit at ang landas na Kanyang tinahak ay hindi nakamit sa pamamagitan ng teorya, kaalaman,

karanasan sa buhay, o pagpapalaki ng pamilya. Sa halip, ang mga ito ang tuwirang gawain ng Espiritu, na siyang gawain ng nagkatawang-taong laman. Ito ay dahil ang tao ay may malalaking kuru-kuro tungkol sa Diyos, at partikular na dahil ang mga kuru-kuro na ito ay binubuo ng napakaraming elementong higit-sa-karaniwan kaya, sa paningin ng tao, ang isang normal na Diyos na may kahinaan ng tao, na hindi makagawa ng mga tanda at himala, ay tiyak na hindi Diyos. Hindi ba maling mga kuru-kuro ng tao ang mga ito? Kung ang laman ng Diyos na nagkatawang-tao ay hindi isang normal na tao, paano masasabing Siya ay naging tao? Ang maging tao ay ang maging isang ordinaryo at normal na tao; kung Siya ay higit pa sa normal na nilalang, hindi sana Siya naging tao. Para patunayan na Siya ay may katawang-tao, kinailangang magtaglay ng Diyos na nagkatawang-tao ng normal na katawan. Ito ay para lamang makumpleto ang kabuluhan ng pagkakatawang-tao. Gayunman, hindi ganito ang nangyari sa mga propeta at sa mga anak ng tao. Sila ay matatalinong tao na kinasangkapan ng Banal na Espiritu; sa paningin ng tao, ang kanilang pagkatao ay partikular na dakila, at marami silang ginampanang gawain na higit pa sa normal na pagkatao. Dahil dito, itinuring sila ng tao na Diyos. Ngayon ay kailangan ninyong lahat na maunawaan ito nang malinaw, sapagkat matagal nang usapin ito na pinakamadaling makalito sa lahat ng tao sa nagdaang mga kapanahunan. Dagdag pa rito, ang pagkakatawang-tao ang pinakamahiwaga sa lahat ng bagay, at ang Diyos na nagkatawang-tao ang pinakamahirap tanggapin ng tao. Ang Aking sinasabi ay nakakatulong sa pagtupad sa inyong tungkulin at sa pag-unawa ninyo sa hiwaga ng pagkakatawang-tao. Lahat ng ito ay may kaugnayan sa pamamahala ng Diyos, sa mga pangitain. Ang inyong pagkaunawa rito ay magiging mas kapaki-pakinabang sa pagtatamo ng kaalaman tungkol sa mga pangitain, ibig sabihin, sa gawain ng pamamahala ng Diyos. Sa ganitong paraan, magtatamo rin kayo ng higit na pagkaunawa sa tungkuling dapat gampanan ng iba't ibang klase ng mga tao. Bagama't ang mga salitang ito ay hindi tuwirang nagpapakita sa inyo ng landas, malaking tulong pa rin ang mga ito sa inyong pagpasok, sapagkat ang inyong buhay sa kasalukuyan ay kulang na kulang sa mga pangitain, at magiging mahalagang balakid ito na pipigil sa inyong pagpasok. Kung hindi ninyo naunawaan ang mga isyung ito, walang motibong magtutulak sa inyong pagpasok. At paano kayo pinakamainam na mabibigyan ng kakayahan ng gayong pagsisikap na matupad ang inyong tungkulin?

Ang Diyos ang Panginoon ng Lahat ng Nilikha

Ang isang yugto ng gawain ng naunang dalawang kapanahunan ay isinakatuparan sa Israel, at ang isa ay isinakatuparan sa Judea. Sa pangkalahatan, alinman sa mga yugto ng gawaing ito ay hindi iniwan ang Israel, at bawat isa ay isinagawa sa unang mga taong hinirang. Dahil dito, naniniwala ang mga Israelita na ang Diyos na si Jehova ay Diyos lamang ng mga Israelita. Dahil gumawa si Jesus sa Judea, kung saan isinakatuparan Niya

ang gawaing magpapako sa krus, ang tingin sa Kanya ng mga Hudyo ay Manunubos ng mga Hudyo. Akala nila ay Hari lamang Siya ng mga Hudyo, hindi ng sinumang iba pang mga tao; na hindi Siya ang Panginoong tumutubos sa mga Ingles, ni hindi Siya ang Panginoong tumutubos sa mga Amerikano, kundi Siya ang Panginoong tumutubos sa mga Israelita; at ang mga Hudyo ang tinubos Niya sa Israel. Sa totoo lang, ang Diyos ang Panginoon ng lahat ng bagay. Siya ang Diyos ng lahat ng nilikha. Hindi lamang Siya Diyos ng mga Israelita, ni ng mga Hudyo; Diyos Siya ng lahat ng nilikha. Ang naunang dalawang yugto ng Kanyang gawain ay naganap sa Israel, na nakalikha ng ilang kuru-kuro sa mga tao. Naniniwala sila na ginawa ni Jehova ang Kanyang gawain sa Israel, na si Jesus Mismo ang nagsakatuparan ng Kanyang gawain sa Judea, at, bukod pa rito, na Siya ay naging tao upang gumawa—at ano't anuman, ang gawaing ito ay hindi na lumagpas pa sa Israel. Hindi gumawa ang Diyos sa mga taga-Ehipto o sa mga Indiano; gumawa lamang Siya sa mga Israelita. Sa gayon ay nakabuo ng iba-ibang kuru-kuro ang mga tao, at inilarawan ang gawain ng Diyos sa loob ng isang tiyak na saklaw. Sinasabi nila na kapag gumagawa ang Diyos, kailangan Niyang gawin iyon sa mga taong hinirang, at sa Israel; maliban sa mga Israelita, hindi na gumagawa ang Diyos sa iba, ni wala nang anumang mas malawak na saklaw ang Kanyang gawain. Napakahigpit nila pagdating sa pagpapasunod sa Diyos na nagkatawang-tao, at hindi nila Siya pinapayagang kumilos nang lagpas sa mga hangganan ng Israel. Hindi ba mga kuru-kuro lamang ng tao ang lahat ng ito? Ginawa ng Diyos ang buong kalangitan at lupa at lahat ng bagay, ginawa Niya ang lahat ng nilikha, kaya paano Niya lilimitahan ang Kanyang gawain sa Israel lamang? Kung magkagayon, ano ang silbi ng paglalang Niya sa lahat ng nilikha? Nilikha Niya ang buong mundo, at naisakatuparan Niya ang Kanyang anim-na-libong-taong plano ng pamamahala hindi lamang sa Israel, kundi sa bawat tao sa sansinukob. Nakatira man sila sa Tsina, sa Estados Unidos, sa United Kingdom o sa Russia, bawat tao ay inapo ni Adan; lahat sila ay nilalang ng Diyos. Walang isa man sa kanila ang makakatakas sa mga hangganan ng paglikha, at wala ni isa sa kanila ang makakahiwalay sa tatak na “inapo ni Adan.” Lahat sila ay nilalang ng Diyos, at lahat sila ay supling ni Adan, at lahat sila ay mga tiwaling inapo rin nina Adan at Eba. Hindi lamang ang mga Israelita ang nilikha ng Diyos, kundi lahat ng tao; kaya lamang ay isinumpa na ang ilan, at napagpala ang ilan. Maraming kanais-nais na bagay tungkol sa mga Israelita; gumawa ang Diyos sa kanila sa simula dahil sila ang mga taong pinaka-hindi gaanong tiwali. Hindi maikukumpara ang mga Tsino sa kanila; napakababa nila. Kaya, gumawa ang Diyos sa mga tao ng Israel sa simula, at ang pangalawang yugto ng Kanyang gawain ay isinakatuparan lamang sa Judea—na humantong na sa pagkabuo ng maraming kuru-kuro at panuntunan sa tao. Sa katunayan, kung kikilos ang Diyos ayon sa mga kuru-kuro ng tao, magiging Diyos lamang Siya ng mga Israelita, at sa gayon ay hindi Niya makakayang paabutin ang Kanyang gawain sa mga bansang Hentil, sapagkat magiging Diyos lamang Siya ng mga Israelita, at hindi Diyos ng lahat ng nilikha. Isinaad sa mga propesiya na ang pangalan ni Jehova ay magiging dakila sa mga bansang Hentil, na kakalat ito sa mga bansang Hentil. Bakit ito

ipinropesiya? Kung ang Diyos ay Diyos lamang ng mga Israelita, sa Israel lamang Siya gagawa. Bukod pa ryan, hindi Niya palalaganapin ang gawaing ito, at hindi Siya gagawa ng ganitong propesiya. Dahil ginawa nga Niya ang propesiyang ito, siguradong ipapaabot Niya ang Kanyang gawain sa mga bansang Hentil, sa bawat bansa at lahat ng lupain. Dahil sinabi Niya ito, kailangan Niyang gawin ito; ito ang Kanyang plano, sapagkat Siya ang Panginoon na lumikha sa kalangitan at lupa at lahat ng bagay, at ang Diyos ng lahat ng nilikha. Gumagawa man Siya sa mga Israelita, o sa buong Judea, ang gawaing Kanyang ginagawa ay ang gawain ng buong sansinukob, at ang gawain ng buong sangkatauhan. Ang gawaing Kanyang ginagawa ngayon sa bansa ng malaking pulang dragon—sa isang bansang Hentil—ay gawain pa rin ng buong sangkatauhan. Maaaring ang Israel ang himpilan ng Kanyang gawain sa lupa; gayundin, maaaring ang Tsina ay himpilan din ng Kanyang gawain sa mga bansang Hentil. Hindi ba natupad na Niya ngayon ang propesiya na “ang pangalan ni Jehova ay magiging dakila sa mga bansang Hentil”? Ang unang hakbang ng Kanyang gawain sa mga bansang Hentil ay ang gawaing ito, ang gawaing Kanyang ginagawa sa bansa ng malaking pulang dragon. Salungat talaga sa mga kuru-kuro ng tao ang paggawa ng Diyos na nagkatawang-tao sa lupaing ito, at ang paggawa sa mga isinumpang taong ito; sila ang mga taong pinakaaba sa lahat, wala silang halaga, at sa simula ay pinabayaan sila ni Jehova. Maaaring pabayaan ng mga tao ang ibang tao, ngunit kung pinabayaan sila ng Diyos, wala nang higit na walang katayuan, wala nang higit na mababa ang halaga. Para sa isang nilalang ng Diyos, ang maangkin ni Satanas o mapabayaan ng mga tao ay isang bagay na napakasakit—ngunit ang isang nilalang na pinabayaan ng Lumikha ay nangangahulugan na wala nang hihigit pa sa kanilang mababang katayuan. Ang mga inapo ni Moab ay isinumpa, at isinilang sila sa paorong na bansang ito; walang duda, sa lahat ng taong nasa ilalim ng impluwensya ng kadiliman, ang mga inapo ni Moab ang may pinakamababang katayuan. Dahil ang mga taong ito ay may pinakamababang katayuan noon pa man, ang gawaing ginagawa sa kanila ang pinakamagaling na sumira sa mga kuru-kuro ng tao, at pinakakapaki-pakinabang din sa buong anim-na-libong-taong plano ng pamamahala ng Diyos. Ang paggawa ng gayong gawain sa mga taong ito ang pinakamainam na paraan ng pagsira sa mga kuru-kuro ng tao, at sa pamamagitan nito ay inilunsad ng Diyos ang isang kapanahunan; sa pamamagitan nito ay sinisira Niya ang lahat ng kuru-kuro ng tao; sa pamamagitan nito ay tinatapos Niya ang gawain ng buong Kapanahunan ng Biyaya. Ang Kanyang unang gawain ay isinakatuparan sa Judea, sa loob ng mga hangganan ng Israel; sa mga bansang Hentil, wala Siyang ginawang anumang gawain para maglunsad ng bagong kapanahunan. Ang huling yugto ng gawain ay hindi lamang isinasakatuparan sa mga Hentil, kundi lalo na sa mga taong isinumpa. Ang isang puntong ito ang katibayan na may pinakamalaking kakayahang pahiyain si Satanas, at sa gayon, ang Diyos ay “nagiging” Diyos ng lahat ng nilikha sa sansinukob, ang Panginoon ng lahat ng bagay, ang pakay ng pagsamba para sa lahat ng bagay na may buhay.

Ngayon, may mga hindi pa rin nakakaunawa kung anong bagong gawain ang

nasimulan ng Diyos. Sa mga bansang Hentil, nagpasimula na ang Diyos ng isang bagong panimula. Nagpasimula Siya ng isang bagong kapanahunan, at nagpasimula ng bagong gawain—at ginagampanan Niya ang gawaing ito sa mga inapo ni Moab. Hindi ba ito ang Kanyang pinakabagong gawain? Wala pang sinuman sa buong kasaysayan ang nakaranas ng gawaing ito kailanman. Ni wala pang nakarinig dito, lalo nang walang nagpahalaga rito. Ang karunungan, pagiging kamangha-mangha, pagiging di-maarok, kadakilaan, at kabanalan ng Diyos ay nakikitang lahat sa yugtong ito ng gawain, ang gawain sa mga huling araw. Hindi ba ito bagong gawain, gawaing sumisira sa mga kuru-kuro ng tao? May mga nag-iisip ng ganito: “Yamang isinumpa ng Diyos si Moab at sinabi na tatalikuran Niya ang mga inapo ni Moab, paano Niya sila maaaring iligtas ngayon?” Sila yaong mga Hentil na isinumpa ng Diyos at pinaalis sa Israel; tinawag sila ng mga Israelita na “mga asong Hentil.” Sa paningin ng lahat, hindi lamang sila mga asong Hentil, kundi mas masahol pa, mga anak ng pagkawasak; na ibig sabihin, hindi sila mga taong hinirang ng Diyos. Maaaring naisilang sila sa loob ng mga hangganan ng Israel, ngunit hindi sila kabilang sa mga tao ng Israel, at pinatalsik sila sa mga bansang Hentil. Sila ang pinakaaba sa lahat ng tao. Ito ay dahil mismo sa sila ang pinakaaba sa sangkatauhan kaya isinasakatuparan ng Diyos ang Kanyang gawain ng paglulunsad ng isang panibagong kapanahunan sa kanila, sapagkat kinakatawan nila ang tiwaling sangkatauhan. Ang gawain ng Diyos ay namimili at may pinagtutuunan; ang gawaing Kanyang ginagawa sa mga taong ito ngayon ay gawain ding isinasagawa sa lahat ng nilikha. Si Noe ay isang nilalang ng Diyos, gayundin ang kanyang mga inapo. Sinuman sa mundo na may laman at dugo ay mga nilalang ng Diyos. Ang gawain ng Diyos ay nakatuon sa lahat ng nilikha; hindi ito nakasalalay sa kung isinumpa ang tao matapos silang likhain. Ang Kanyang gawaing pamamahala ay nakatuon sa lahat ng nilikha, hindi roon sa mga taong hinirang na hindi isinumpa. Dahil nais ng Diyos na isakatuparan ang Kanyang gawain sa lahat ng Kanyang nilikha, tiyak na isasakatuparan Niya ito hanggang sa matagumpay na matapos, at gagawa Siya sa mga taong kapaki-pakinabang sa Kanyang gawain. Samakatuwid, sinisira Niya ang lahat ng kalakaran kapag gumagawa Siya sa mga tao; para sa Kanya, ang mga salitang “isinumpa,” “kinastigo” at “pinagpala” ay walang kahulugan! Ang mga Hudyo ay mabuti, gayundin ang mga taong hinirang sa Israel; sila ay mga taong may mahusay na kakayahan at pagkatao. Sa simula, sa kanila inilunsad ni Jehova ang Kanyang gawain, at isinagawa ang Kanyang pinakaunang gawain—ngunit mawawalan ng kahulugan ang pagsasagawa ng gawain ng panlulupig sa kanila ngayon. Maaari din silang maging bahagi ng paglikha, at maaaring maraming positibo tungkol sa kanila, ngunit mawawalan ng silbi ang pagsasagawa ng yugtong ito ng gawain sa kanila; hindi malulupig ng Diyos ang mga tao, ni hindi Niya makukumbinsi ang lahat ng nilikha, na siya mismong layunin ng paglilipat ng Kanyang gawain sa mga taong ito sa bansa ng malaking pulang dragon. Ang may pinakamalaking kabuluhan dito ay ang Kanyang paglulunsad ng isang kapanahunan, ang Kanyang pagsira sa lahat ng panuntunan at lahat ng kuru-kuro ng tao at ang Kanyang pagtatapos ng gawain ng

buong Kapanahunan ng Biyaya. Kung isinakatuparan ang Kanyang kasalukuyang gawain sa mga Israelita, kapag natapos na ang Kanyang anim-na-libong-taong plano ng pamamahala, maniniwala ang lahat na ang Diyos ay Diyos lamang ng mga Israelita, na ang mga Israelita lamang ang mga taong hinirang ng Diyos, na ang mga Israelita lamang ang karapat-dapat na magmana ng pagpapala at pangako ng Diyos. Isinasakatuparan ng pagkakatawang-tao ng Diyos sa mga huling araw sa bansang Hentil ng bayan ng malaking pulang dragon ang gawaing Diyos ay ang Diyos ng lahat ng nilikha; tinatapos Niya ang kabuuan ng Kanyang gawaing pamamahala, at winawakasan Niya ang pinakamahalagang bahagi ng Kanyang gawain sa bansa ng malaking pulang dragon. Ang buod ng tatlong yugto ng gawain ay ang pagliligtas sa tao—na, pasambahin sa Lumikha ang lahat ng nilikha. Sa gayon, may malaking kahulugan ang bawat yugto ng gawain; walang anumang ginagawa ang Diyos na walang kahulugan o halaga. Sa isang banda, pinasisimulan ng yugtong ito ng gawain ang isang bagong kapanahunan at winawakasan ang naunang dalawang kapanahunan; sa kabilang banda, sinisira nito ang lahat ng kuru-kuro ng tao at lahat ng lumang paraan ng paniniwala at kaalaman ng tao. Ang gawain ng naunang dalawang kapanahunan ay isinakatuparan ayon sa iba't ibang mga kuru-kuro ng tao; gayunman, ganap na inaalís ng yugtong ito ang mga kuru-kuro ng tao, sa gayon ay lubos na nalulupig ang sangkatauhan. Sa pamamagitan ng paglupig sa mga inapo ni Moab, sa pamamagitan ng gawaing isinakatuparan sa mga inapo ni Moab, lulupigin ng Diyos ang lahat ng tao sa buong sansinukob. Ito ang pinakamalalim na kabuluhan ng yugtong ito ng Kanyang gawain, at ito ang pinakamahalagang aspeto ng yugtong ito ng Kanyang gawain. Kahit alam mo na ngayon na aba ang iyong sariling katayuan at na mababa ang iyong halaga, madarama mo pa rin na natagpuan mo na ang pinakamasayang bagay: Nagmana ka na ng isang malaking pagpapala, nagtamo ka na ng isang dakilang pangako, at makakatulong kang isakatuparan ang dakilang gawaing ito ng Diyos. Namasdan mo na ang tunay na mukha ng Diyos, alam mo ang likas na disposisyon ng Diyos, at ginagawa mo ang kalooban ng Diyos. Ang naunang dalawang yugto ng gawain ng Diyos ay isinakatuparan sa Israel. Kung isinakatuparan din ang yugtong ito ng Kanyang gawain sa mga huling araw sa mga Israelita, hindi lamang maniniwala ang lahat ng nilikha na ang mga Israelita lamang ang mga taong hinirang ng Diyos, kundi mabibigo rin ang buong plano ng pamamahala ng Diyos na makamit ang nais nitong epekto. Sa panahon kung kailan isinakatuparan ang dalawang yugto ng Kanyang gawain sa Israel, walang bagong gawain—ni walang anumang gawain ng paglulunsad ng isang bagong kapanahunan—na isinakatuparan sa mga bansang Hentil. Ang yugto ng gawain sa ngayon—ang gawain ng paglulunsad ng isang bagong kapanahunan—ay unang isinasakatuparan sa mga bansang Hentil, at, dagdag pa rito, isinakatuparan noong una sa mga inapo ni Moab, sa gayon ay inilulunsad nito ang buong kapanahunan. Sinisira ng Diyos ang anumang kaalamang nakapaloob sa mga kuru-kuro ng tao, na hindi tinutulutang manatili ang anuman dito. Sa Kanyang gawain ng panlulupig, sinira na Niya ang mga kuru-kuro ng tao, yaong mga luma at sinaunang

paraan ng kaalaman ng tao. Hinahayaan Niyang makita ng mga tao na walang mga panuntunan sa Diyos, na walang anumang luma tungkol sa Diyos, na ang gawaing Kanyang ginagawa ay lubos na napalaya, lubos na malaya, at na tama Siya sa lahat ng Kanyang ginagawa. Kailangan mong lubos na magpasakop sa anumang gawaing Kanyang ginagawa sa mga nilikha. Lahat ng gawaing Kanyang ginagawa ay may kahulugan, at isinasakatuparan ayon sa Kanyang sariling kalooban at karunungan, at hindi ayon sa mga pagpili at kuru-kuro ng tao. Kung may anumang kapaki-pakinabang sa Kanyang gawain, ginagawa Niya iyon; at kung may hindi kapaki-pakinabang sa Kanyang gawain, hindi Niya iyon ginagawa, gaano man iyon kaganda! Gumagawa Siya at pumipili ng mga tatanggap at lugar ng Kanyang gawain alinsunod sa kahulugan at layunin ng Kanyang gawain. Hindi Siya kumakapit sa mga dating panuntunan, ni hindi Niya sinusunod ang mga lumang pamamaraan. Sa halip, ipinaplano Niya ang Kanyang gawain ayon sa kabuluhan ng gawain. Sa huli, matatamo Niya ang isang tunay na epekto at ang inaasam na layunin nito. Kung hindi mo nauunawaan ang mga bagay na ito ngayon, mawawalan ng epekto ang gawaing ito sa iyo.

Ano ang Paniniwala Mo sa Labintatlong Sulat ni Pablo?

Ang Bagong Tipan ng Bibliya ay naglalaman ng labintatlong sulat ni Pablo. Sa mga panahong ginawa niya ang kanyang gawain, isinulat ni Pablo ang labintatlong sulat na ito sa mga iglesia na naniniwala kay Jesucristo. Ibig sabihin, si Pablo ay itinaas at isinulat ang mga sulat na ito pagkatapos umakyat ni Jesus sa langit. Ang kanyang mga sulat ay mga patotoo tungkol sa pagkabuhay-na-muli at pag-akyat-sa-langit ng Panginoong Jesus pagkatapos ng Kanyang kamatayan, at ipinalalaganap din ng mga ito ang paraan ng pagsisisi at pagpapasan ng krus. Mangyari pa, lahat ng mensahe at patotoong ito ay isinulat para turuan ang mga kapatid na lalaki at babae sa iba't ibang lugar sa palibot ng Judea sa panahong iyon, dahil noong panahong iyon, si Pablo ay tagapaglingkod ng Panginoong Jesus, at itinaas siya para patotohanan ang Panginoong Jesus. Sa bawa't panahon ng gawain ng Banal na Espiritu, iba-ibang tao ang itinataas upang gampanan ang Kanyang naiibang gawain, ibig sabihin, ang gawin ang gawain ng mga apostol upang ipagpatuloy ang gawain ng Diyos na tinatapos ng Diyos Mismo. Kung direkta itong ginawa ng Banal na Espiritu, at walang mga taong itinaas, magiging napakahirap isakatuparan ang gawain. Dahil diyan, si Pablo ay naging isang pinabagsak habang nasa daan patungong Damasco, at pagkatapos ay ibinangon upang maging saksi ng Panginoong Jesus. Siya ay isang apostol bukod pa sa labindalawang disipulo ni Jesus. Dagdag pa sa pagpapalaganap ng ebanghelyo, binalikat din niya ang gawain ng pag-aakay sa mga iglesia sa iba't ibang lugar, kasama rito ang pangangalaga sa mga kapatid na lalaki at babae ng mga iglesia—sa madaling salita, pag-aakay ng mga kapatid na

lalaki at babae sa Panginoon. Layunin ng patotoo ni Pablo na ipabatid ang katunayan ng pagkabuhay-na-muli at pag-akyat-sa-langit ng Panginoong Jesus, gayon din ang ituro sa mga tao na magsisi, magkumpisal, at lakaran ang daan ng krus. Isa siya sa mga saksi ni Jesucristo noong panahong iyon.

Ang labintatlong sulat ni Pablo ay pinili para magamit sa Bibliya. Sinulat niya ang lahat ng labintatlong ito para magsalita sa iba-ibang antas ng mga tao sa iba't ibang lugar. Siya ay naantig ng Banal na Espiritu na isulat ang mga ito, at tinuruan ang mga kapatid na lalaki at babae sa lahat ng dako bilang isang apostol (bilang isang tagapaglingkod ng Panginoong Jesus). Samakatwid, ang mga sulat ni Pablo ay hindi nagmula sa mga propesiya o direktang nagmula sa mga pangitain, kundi nagmula sa gawaing binalikat niya. Hindi kakaiba ang mga sulat na ito, ni kasing-hirap abutin tulad ng mga propesiya. Ginawa lamang ang mga ito bilang mga sulat, at hindi naglalaman ng mga propesiya o mga hiwaga; naglalaman lamang ang mga ito ng mga ordinaryong salita na nagtatagubilin. Bagama't marami sa mga salitang narito ay mahirap para sa mga tao na tarukin o unawain, ang mga ito ay nagmula lamang sa sariling interpretasyon ni Pablo at mula sa pagliliwanag ng Banal na Espiritu. Si Pablo ay isang apostol lamang; siya ay isang tagapaglingkod na ginamit ng Panginoong Jesus, hindi siya isang propeta. Habang naglalakbay sa iba't ibang lupain, gumawa siya ng mga sulat sa mga kapatid na lalaki at babae ng mga iglesia, o, habang siya ay maysakit, sumulat siya sa mga iglesia na partikular na nasa isipan niya nguni't hindi niya mapuntahan. Kaayon nito, ang kanyang mga sulat ay itinago ng mga tao at kalaunan ay tinipon, binuo, at iniayos kasunod ng Apat na Ebanghelyo sa Bibliya ng mga sumunod na henerasyon. Mangyari pa, pinili nila at pinagsama-sama ang lahat ng pinakamagagandang sulat na nagawa niya. Kapaki-pakinabang ang mga sulat na ito sa mga buhay ng mga kapatid na lalaki at babae sa mga iglesia, at kilalang-kilala sa kanyang panahon. Nang sinulat ni Pablo ang mga ito, ang layunin niya ay hindi magsulat ng isang gawaing espirituwal na magbibigay-kakayahan sa kanyang mga kapatid na lalaki at babae na makasumpong ng daan ng pagsasagawa o ng isang espirituwal na talambuhay para ipahayag ang kanyang sariling mga karanasan; hindi niya nilayong magsulat ng isang aklat para maging awtor. Gumagawa lamang siya ng mga sulat para sa kanyang mga kapatid na lalaki at babae ng iglesia ng Panginoong Jesucristo. Nagturo si Pablo sa kanyang mga kapatid na lalaki at babae, bilang isang tagapaglingkod, para sabihin sa kanila ang tungkol sa kanyang pasanin, ang tungkol sa kalooban ng Panginoong Jesus, at kung anong mga atas ang naipagkatiwala Niya sa mga tao para sa hinaharap. Ito ang gawaing ginampanan ni Pablo. Ang kanyang mga salita ay lubos na nakakaliwanag para sa karanasan ng lahat ng kapatid na lalaki at babae sa hinaharap. Ang mga katotohanang ipinarating niya sa maraming sulat na ito ay kung ano ang dapat isagawa ng mga tao sa Kapanahunan ng Biyaya, kaya iniayos ang mga sulat na ito sa Bagong Tipan ng mga dumating na henerasyon. Anuman ang kinahantungan ni Pablo, siya ay isang taong ginamit sa kanyang panahon, at umalalay sa kanyang mga kapatid na lalaki at babae

sa mga iglesia. Ang kinahantungan niya ay natukoy sa pamamagitan ng kanyang kakanyahan, gayon din sa kanyang pagiging napabagsak noong una. Nagawa niyang bigkasin ang mga salitang iyon noon dahil taglay niya ang gawain ng Banal na Espiritu, at dahil sa gawaing ito kaya tinaglay ni Pablo ang isang pasanin para sa mga iglesia. Dahil diyan, nagawa niyang tustusan ang kanyang mga kapatid na lalaki at babae. Gayunpaman, dahil sa ilang mga natatanging kalagayan, hindi nakapunta nang personal si Pablo sa mga iglesia para gumawa, kaya sumulat na lamang siya sa kanila para payuhan ang kanyang mga kapatid na lalaki at babae sa Panginoon. Noong una, inusig ni Pablo ang mga disipulo ng Panginoong Jesus, nguni't pagkatapos umakyat ni Jesus sa langit—ibig sabihin, pagkatapos “makita” ni Pablo “ang liwanag”—tumigil siya sa pang-uusig ng mga disipulo ng Panginoong Jesus, at hindi na inusig pa ang mga banal na iyon na nangaral ng ebanghelyo alang-alang sa daan ng Panginoon. Pagkatapos makita ni Pablo si Jesus bilang isang maningning na liwanag, tinanggap niya ang utos ng Panginoon, at dahil dito siya ay naging isa na ginamit ng Banal na Espiritu para ipalaganap ang ebanghelyo.

Ang gawain ni Pablo noong panahong iyon ay alalayan at tustusan lamang ang kanyang mga kapatid na lalaki at babae. Hindi siya tulad ng ilang tao, na naghangad na magkaroon ng posisyon o makapagsulat ng mga akdang pang-literatura, magsaliksik ng iba pang mga paraan, o maghanap ng mga daan bukod sa Bibliya kung saan ayon dito ay aakayin ang mga taong ito sa mga iglesia nang sa gayon ay makapasok silang lahat sa bagong daan. Si Pablo ay isang tao na ginamit; sa paggawa ng mga bagay-bagay na ginawa niya, tinutupad lamang niya ang kanyang tungkulin. Kung hindi niya nataglay ang isang pasanin para sa mga iglesia, masasabi sanang nagpabaya siya sa kanyang tungkulin. Kung may kaguluhang nangyari, o nagkaroon ng pagtataksil sa iglesia na humantong sa isang hindi-normal na kalagayan ng mga tao roon, masasabing hindi niya nagampanan nang maayos ang kanyang gawain. Kung pinapasan ng isang manggagawa ang isang pasanin tungo sa iglesia, at gumagawa rin sa abot ng kanyang makakaya, nagpapatunay ito na karapat-dapat na manggagawa ang taong ito—karapat-dapat na magamit. Kung ang isang tao ay walang nadaramang pasanin para sa iglesia, at walang nakakamit na mga bunga sa kanilang paggawa, at karamihan sa mga taong inaakay nila ay mahina o bumabagsak pa sila, kung gayon hindi nagagawa ng mga manggagawang iyon ang kanilang tungkulin. Gayundin naman, hindi naiiba si Pablo, kaya nga kailangan niyang pangalagaan ang mga iglesia at magsulat nang madalas sa kanyang mga kapatid na lalaki at babae. Sa ganitong paraan niya naturuan ang mga iglesia at napangalagaan ang kanyang mga kapatid na lalaki at babae; sa ganitong paraan lamang makatatanggap ng tustos at pangangalaga ang mga iglesia mula sa kanya. Napakalalim ng mga salitang ginamit niya sa mga sulat, nguni't ang mga ito ay isinulat para sa kanyang mga kapatid na lalaki at babae sa ilalim ng kalagayan niyang nakatamo ng pagliliwanag ng Banal na Espiritu, at inilakip niya ang kanyang pansariling mga karanasan at ang pasaning nadarama niya sa kanyang mga sinulat. Si Pablo ay isang tao lamang na ginamit ng

Banal na Espiritu, at ang mga nilalaman ng kanyang mga sulat ay kinapapalooban lahat ng kanyang mga personal na karanasan. Ang gawaing ginawa niya ay kumakatawan lamang sa gawain ng isang apostol, hindi gawaing direktang ginampanan ng Banal na Espiritu, at naiiba rin ito sa gawain ni Cristo. Tinutupad lamang ni Pablo ang kanyang tungkulin, na dahilan kung bakit ipinabatid niya sa kanyang mga kapatid na lalaki at babae sa Panginoon ang kanyang pasanin gayon din ang kanyang mga personal na karanasan at mga pagkakita. Isinasakatuparan lamang ni Pablo ang utos ng Diyos sa pamamagitan ng pagtutustos ng kanyang sariling mga pagkakita at pagkaunawa; ito ay tiyak na hindi isang halimbawa ng gawaing direktang ginawa ng Diyos Mismo. Sa gayon, ang gawain ni Pablo ay nahaluan ng karanasan ng tao at mga pantaong pananaw at pagkaunawa tungkol sa gawain ng iglesia. Gayunpaman, ang mga pantaong pananaw at pagkaunawang ito ay hindi masasabing gawain ng masasamang espiritu o gawain ng laman at dugo; masasabi lamang na ang mga ito ay kaalaman at mga karanasan ng isang tao na naliwanagan ng Banal na Espiritu. Ang ibig kong sabihin dito, ang mga sulat ni Pablo ay hindi mga aklat mula sa langit. Ang mga ito ay hindi sagrado, at hindi kahit kailan binigkas o ipinahayag ng Banal na Espiritu; ang mga ito ay pagpapahayag lamang ng pasanin ni Pablo para sa iglesia. Ang layunin Ko sa pagsasabi ng lahat ng ito ay upang ipaunawa sa inyo ang pagkakaiba ng gawain ng Diyos at ng gawain ng tao: Ang gawain ng Diyos ay kumakatawan sa Diyos Mismo, samantalang ang gawain ng tao ay kumakatawan sa tungkulin at mga karanasan ng tao. Hindi dapat ituring ng isang tao ang karaniwang gawain ng Diyos bilang kalooban ng tao at ang Kanyang di-pangkaraniwang gawain bilang kalooban ng Diyos; higit pa rito, hindi dapat ituring ng isa ang mataas na pangangaral ng iba bilang mga pagbigkas ng Diyos o bilang mga aklat mula sa langit. Lahat ng gayong mga pananaw ay magiging labag sa kabutihang-asal. Maraming tao, sa pagkarinig na sinusuri Ko ang labing-tatlong sulat ni Pablo, ay naniniwalang hindi dapat mabasa ang mga sulat ni Pablo, at na si Pablo ay isang lubhang makasalanang tao. Marami pang mga tao na nag-iisip na masakit Akong magsalita, na ang pagtatasa Ko sa mga sulat ni Pablo ay hindi tumpak, at na hindi dapat ituring ang mga sulat na iyon bilang mga pagpapahayag lamang ng mga karanasan at pasanin ng tao. Naniniwala sila na dapat ituring ang mga ito bilang mga salita ng Diyos, na kasing halaga ito ng Aklat ng Pahayag ni Juan, na ang mga ito ay hindi maaaring paikliin o dagdagan, at higit pa rito, hindi maaaring basta na lamang ipaliwanag ang mga ito. Hindi ba mali ang lahat ng mga pantaong palagay na ito? Hindi ba't dahil iyon sa katotohanang walang kabatiran ang mga tao? Talagang nakatulong nang malaki ang mga sulat ni Pablo sa mga tao, at mayroon na ang mga itong kasaysayan na mahigit 2,000 taon na. Gayunpaman, hanggang sa araw na ito, marami pa ring tao ang hindi nakakaarok sa sinabi niya noon. Itinuturing ng mga tao na pinakamahusay na obra maestra ang mga sulat ni Pablo sa buong Kristiyanismo, at na walang sinuman ang makatatalastas nito, at walang sinumang lubos na makakaunawa nito. Sa katunayan, ang mga sulat na ito ay gaya lamang ng talambuhay ng isang espirituwal na tao, at hindi maikukumpara sa mga

salita ni Jesus o sa dakilang mga pangitain na nakita ni Juan. Kung ikukumpara, ang nakita ni Juan ay dakilang mga pangitain mula sa langit—mga propesiya tungkol sa sariling gawain ng Diyos—na hindi kayang makamit ng tao, samantalang ang mga sulat ni Pablo ay mga paglalarawan lamang ng nakita at naranasan ng isang tao. Ang mga ito ay kung ano ang kaya ng tao, nguni't ang mga ito ay hindi mga propesiya o mga pangitain; mga sulat lamang ang mga ito na ipinadala sa iba't ibang lugar. Para sa mga tao ng panahong iyon, gayunpaman, si Pablo ay isang manggagawa, at ang mga salita niya kung gayon ay mahalaga, dahil siya ay isang taong tumanggap ng ipinagkatiwala sa kanya. Samakatwid, nakatulong ang kanyang mga sulat sa lahat ng mga yaong naghanap kay Cristo. Bagama't hindi si Jesus mismo ang nagwika ng mga salitang iyon, ang mga iyon, sa huli, ay mahalaga sa kanilang panahon. Dahil diyan, iniayos ng mga taong sumunod pagkatapos ng panahon ni Pablo ang kanyang mga sulat sa Bibliya, kaya naipasa-pasa ang mga ito hanggang sa araw na ito. Nauunawaan ba ninyo ang ibig Kong sabihin? Binibigyan Ko lamang kayo ng tumpak na paliwanag tungkol sa mga sulat na ito, at sinusuri ang mga bahagi nito nang hindi ipinagkakait ang anumang pakinabang at kahalagahan ng mga ito sa mga tao bilang mga sanggunian. Kung, matapos basahin ang Aking mga salita, hindi lamang ninyo ipinagkaila ang mga sulat ni Pablo, kundi itinuring ding mali o walang halaga ang mga ito, masasabi lamang na napakahina ng inyong kakayahang makaunawa, pati na ang inyong pagkakita at inyong paghatol sa mga bagay-bagay; tiyak na hindi masasabi na ang mga salita Ko ay labis-labis na may pinapanigan. Nauunawaan na ba ninyo ngayon? Ang mahahalagang bagay na dapat ninyong maabot ay ang aktuwal na kalagayan ng gawain ni Pablo noong panahong iyon at ang mga pangyayari habang ginagawa niya ang mga sulat. Kung tama ang pananaw ninyo sa mga kalagayang ito, magiging tama rin ang pananaw ninyo tungkol sa mga sulat ni Pablo. Kasabay nito, kapag naarok na ninyo ang pinakadiwa ng mga sulat na iyon, magiging tama ang pagtatasa mo sa Bibliya, at pagkatapos mauunawaan mo kung bakit sinamba nang husto ng mga sumunod na henerasyon ang mga sulat ni Pablo sa loob ng maraming taon noon, pati na rin ang dahilan kung bakit itinuturing pa nga siyang Diyos ng maraming tao. Hindi ba't iyan din ang maisip ninyo, kung hindi ninyo naunawaan?

Ang isa na hindi ang Diyos Mismo ay hindi kayang katawanin ang Diyos Mismo. Ang gawain ni Pablo ay masasabi lamang na isang bahagi ng pananaw ng tao at isang bahagi ng pagliliwanag ng Banal na Espiritu. Isinulat ni Pablo ang mga salitang ito mula sa pananaw ng isang tao, na may pagliliwanag mula sa Banal na Espiritu. Hindi ito isang pambihirang bagay. Kaya nga hindi maiiwasan na nahaluan ang kanyang mga salita ng ilang pantaong karanasan, at ginamit niya kalaunan ang kanyang mga personal na karanasan para mapaglaanan at masuportahan ang kanyang mga kapatid na lalaki at babae noong panahong iyon. Ang mga sulat niyang ito ay hindi naikakategorya bilang pag-aaral ng buhay, ni naikakategorya bilang mga talambuhay o mensahe. Higit pa rito, hindi rin ito mga katotohanan na isinagawa ng iglesia ni mga utos para sa pamamahala

ng iglesia. Bilang taong may pasanin—isang taong itinalaga ng Banal na Espiritu upang gumawa—ito ay isang bagay na kailangan nilang gawin. Kung nagtataas ang Banal na Espiritu ng mga tao at binibigyan sila ng pasanin, nguni't hindi nila inaakò ang gawain ng iglesia, at hindi napapamahalaan nang maayos ang mga gawain nito, o nalulutas na maigi ang lahat ng mga problema nito, pinatutunayan lang nito na hindi tinutupad nang maayos ng mga taong iyon ang kanilang mga tungkulin. Samakatwid hindi masyadong nakapagtataka na makagawa ang isang apostol ng mga sulat sa buong panahon ng kanilang paggawa. Bahagi ito ng kanilang gawain; obligasyon nilang gawin ito. Ang layunin nila sa paggawa ng mga sulat ay hindi ang sumulat ng isang pag-aaral ng buhay o isang espirituwal na talambuhay, at sigurado rin na hindi ito para magbukas ng iba pang daan para sa mga banal. Sa halip, ginawa nila ito para tuparin ang sarili nilang tungkulin at maging tapat na tagapaglingkod sa Diyos, upang makapagbigay-sulit sila sa Diyos sa pamamagitan ng pagtapos sa mga atas na naipagkatiwala Niya sa kanila. Kailangang maging responsable sila para sa kanilang sarili at para sa kanilang mga kapatid na lalaki at babae sa kanilang gawain, at kailangan nilang gawin nang mabuti ang kanilang gawain at isapuso ang mga kaganapan ng iglesia. Lahat ng ito ay bahagi lamang ng kanilang tungkulin.

Kung nakatamo kayo ng pagkaunawa sa mga sulat ni Pablo, magkakaroon din kayo ng tamang ideya at pagtatasa hinggil sa mga sulat nina Pedro at Juan. Hindi na ninyo muling titingnan ang mga sulat na ito bilang mga aklat mula sa langit na sagrado at hindi malalabag, at lalo nang hindi ituturing si Pablo bilang Diyos. Anuman ang mangyari, ang gawain ng Diyos ay iba sa gawain ng tao at, higit pa rito, paano magiging katulad ang Kanyang mga pagpapahayag doon sa kanila? May Kanyang sariling partikular na disposisyon ang Diyos, samantalang ang tao ay may mga tungkuling dapat nilang gampanan. Ipinapahayag ang disposisyon ng Diyos sa Kanyang gawain, samantalang ang tungkulin ng tao ay isinasakatawan sa mga karanasan ng tao at ipinapahayag sa mga paghahabol ng tao. Kung gayon nakikita ito sa pamamagitan ng mga gawaing ginagawa kung ang isang bagay ay pagpapahayag ng Diyos o pagpapahayag ng tao. Hindi kinakailangang maipaliwanag ito ng Diyos Mismo, ni hinihingi nito na magsikap ang tao na magpatotoo; higit pa rito, hindi nito kinakailangan ang Diyos Mismo para supilin ang sinumang tao. Dumarating ang lahat ng ito bilang isang natural na paghahayag; hindi ito pinipilit ni isang bagay na napapakialaman ng tao. Nalalaman ang tungkulin ng tao sa pamamagitan ng kanilang mga karanasan, at hindi ito nangangailangan na gumawa ang mga tao ng anumang ekstrang gawaing pang-karanasan. Naihahayag ang buong esensya ng tao habang ginagampanan nila ang kanilang tungkulin, samantalang naipapahayag ng Diyos ang Kanyang likas na disposisyon habang ginagampanan ang Kanyang gawain. Kung ito ay gawain ng tao, hindi ito matatakpan. Kung ito ay gawain ng Diyos, mas imposibleng matakpan ng sinuman ang disposisyon ng Diyos, at lalo pang hindi makokontrol ng tao. Walang tao na maituturing na Diyos, ni maituturing ang kanilang gawain at mga salita bilang banal o maituturing na hindi nababago. Maaaring masabi na

tao ang Diyos dahil binihisan Niya ang Sarili Niya ng laman, nguni't hindi maituturing ang gawain Niya bilang gawain ng tao o tungkulin ng tao. Higit pa rito, ang mga pagbigkas ng Diyos at mga sulat ni Pablo ay hindi napagpapantay, ni napapatungkulan ang paghatol at pagkastigo ng Diyos at ang mga salita ng tagubilin ng tao sa magkakaparehong kataga. Kung gayon, may mga panuntunan na nagsasabi ng kaibahan ng gawain ng Diyos sa gawain ng tao. Makikita ang mga pagkakaiba nito ayon sa diwa ng mga ito, hindi sa saklaw ng gawain o pansamantalang bisa nito. Sa paksang ito, nagkakamali ang karamihan sa mga tao tungkol sa panuntunan. Ito ay sa kadahilanang tumitingin ang tao sa panlabas, na nakakamit nila, samantalang tumitingin ang Diyos sa diwa, na hindi namamasdan ng pisikal na mga mata ng sangkatauhan. Kung itinuturing mo ang mga salita at gawain ng Diyos bilang mga tungkulin ng karaniwang tao, at tinitingnan ang malaking gawain ng tao bilang gawain ng Diyos na nakabihis ng katawang-tao sa halip na tungkuling tinutupad ng tao, hindi ka kaya nagkakamali sa panuntunan? Ang mga sulat at mga talambuhay ng tao ay madaling naisusulat, nguni't tanging sa saligan lamang ng gawain ng Banal na Espiritu. Gayunpaman, ang mga pagbigkas at gawain ng Diyos ay hindi madaling natutupad ng tao o nakakamit ng karunungan at pag-iisip ng tao, ni naipapaliwanag ang mga ito nang lubos ng mga tao matapos itong siyasatin. Kung ang mga bagay na ito ng panuntunan ay hindi nagbubunsod ng anumang pagtugon sa inyo, kung gayon ang inyong pananampalataya ay kitang hindi tapat o pino. Masasabi lamang na ang inyong pananampalataya ay puno ng kalabuan, at magulo rin at walang panuntunan. Nang hindi man lang nauunawaan ang pinakapangunahin at mahalagang usapin tungkol sa Diyos at tao, ang ganitong uri ba ng pananampalataya ay hindi yaong lubos na walang kabatiran? Paanong magiging posible na si Pablo lamang ang nag-iisang tao na ginamit sa buong kasaysayan? Paanong magiging posible na siya lamang ang nag-iisang gumawa para sa iglesia kahit kailan? Paanong magiging siya lamang ang nag-iisa na nakapagsulat sa mga iglesia para alalayan sila? Gaano man kalawak o kaepektibo ang gawain ng mga taong ito, o maging ang mga resulta ng kanilang paggawa, hindi ba't magkakatulad lahat ang mga panuntunan at diwa ng gayong gawain? Hindi ba't may mga bagay tungkol dito na lubos na naiiba sa gawain ng Diyos? Bagama't may malilinaw na pagkakaiba sa pagitan ng bawa't yugto ng gawain ng Diyos, at bagama't marami sa mga paraan ng Kanyang paggawa ang hindi lubos na magkapareho, hindi ba't lahat ng ito ay mayroon lamang iisang diwa at pinagmulan? Kaayon dito, kung hindi pa malinaw ang isang tao tungkol sa mga bagay na ito ngayon, kung gayon sila rin ay masyadong nagkukulang sa katwiran. Kung, pagkatapos basahin ang mga salitang ito, sinasabi pa rin ng isang tao na sagrado at hindi nalalabag ang mga sulat ni Pablo at naiiba ang mga ito sa mga talambuhay ng sinumang mga espirituwal na tao, kung gayon ang katwiran ng taong ito ay lubos na hindi normal, at walang alinlangang ang gayong tao ay eksperto sa doktrina at siya'y lubos na walang kabuluhan. Kahit pa sinasamba mo si Pablo, hindi mo magagamit ang pagmamahal mo sa kanya para pilipitin ang katotohanan ng mga bagay na nangyayari o pabulaanan ang pag-iral ng katotohanan. Higit pa rito, ang mga

sinabi Ko ay hindi kahit kailan tumupok sa lahat ng gawain at mga sulat ni Pablo o nagkakaila nang lubos sa kahalagahan ng mga ito bilang mga sanggunian. Sa ano't anuman, ang intensyon Ko sa pagsasabi ng mga salitang ito ay upang magkaroon kayo ng tamang pagkaunawa at makatwirang pagtatasa sa lahat ng bagay at mga tao: Ito lamang ang normal na dahilan; ito lamang ang dapat isangkap sa kanilang mga sarili ng mga matuwid na tao na nagtataglay ng katotohanan.

Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao

Karamihan sa mga tao ay naniniwala sa Diyos alang-alang sa kanilang hantungan sa hinaharap, o para sa pansamantalang kaluguran. Para sa mga hindi pa napasailalim sa kahit anong pakikitungo, naniniwala sila sa Diyos upang makapasok sa langit, upang magkamit ng mga gantimpala. Hindi sila naniniwala sa Diyos upang magawang perpekto, o gampanan ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos. Na ibig sabihin ay na karamihan sa mga tao ay hindi naniniwala sa Diyos upang tuparin ang kanilang mga responsibilidad, o tapusin ang kanilang tungkulin. Bihirang maniwala ang mga tao sa Diyos upang mamuhay nang makabuluhan, ni walang mga naniniwala na, dahil buhay ang tao, dapat niyang mahalín ang Diyos dahil itinalaga ng Langit at kinikilala ng lupa na gawin iyon, at ito ang likas na misyon ng tao. Sa ganitong paraan, bagama't pinagsisikapan ng bawat isa sa iba't ibang mga tao ang sarili nilang mga mithiin, ang layunin ng kanilang pagsisikap at ang motibo sa likod nito ay magkakaparehong lahat, at, bukod pa ryan, para sa karamihan sa kanila ang mga layon ng kanilang pagsamba ay malaki ang pagkakapareho. Sa nakaraang ilang libong taon, maraming mananampalataya ang nangamatay na, at marami nang namatay at muling isinilang. Hindi lamang isa o dalawang tao ang naghahanap sa Diyos, ni hindi isa o dalawang libo, subalit karamihan sa mga taong ito ay nagsisikap para sa kapakanan ng sarili nilang mga inaasam o kanilang maluluwalhating pag-asa para sa hinaharap. Yaong matatapat kay Cristo ay iilan lamang at malalayo ang agwat sa isa't isa. Namatay pa nga ang maraming debotong mananampalataya na nabitag sa sarili nilang mga patibong, at ang bilang ng mga taong naging matagumpay, bukod pa ryan, ay lubhang kakaunti. Hanggang sa araw na ito, hindi pa rin alam ng mga tao kung bakit sila nabibigo, o ang mga lihim ng kanilang tagumpay. Yaong mga nahuhumaling sa paghahanap kay Cristo ay hindi pa rin nagkaroon ng kanilang sandali ng biglang kabitiran, hindi pa nila narating ang kailaliman ng mga hiwagang ito, dahil hindi talaga nila alam. Bagama't pinagsisikapan nila ang kanilang hinahangad na matamo, ang landas na kanilang tinatahak ay ang landas ng kabiguan na minsang tinahak ng kanilang mga ninuno, at hindi ang landas ng tagumpay. Sa ganitong paraan, paano man sila naghahanap, hindi ba nila tinatahak ang landas patungong kadiliman? Hindi ba mapait na bunga ang kanilang natatamo? Mahirap

mahulaan kung ang mga taong tumutulad sa mga nagtagumpay sa nakalipas na mga panahon ay hahantong sa mabuting kapalaran o sa kapahamakan sa huli. Gaano pa kaya kasahol ang mga posibilidad, kung gayon, para sa mga taong naghahangad sa pamamagitan ng pagsunod sa mga yapak ng mga nabigo? Hindi ba mas malaki ang posibilidad na sila ay mabigo? Ano ang halaga ng landas na kanilang tinatahak? Hindi ba sila nag-aaksaya ng kanilang panahon? Tagumpay man o bigo ang mga tao sa kanilang pinagsisikapan, may isang dahilan, sa madaling salita, kaya nila iyon ginagawa, at hindi totoo na ang kanilang tagumpay o kabiguan ay matutukoy sa paghahangad kung paano nila gusto.

Ang pinakamahalagang kailangan sa pananampalataya ng tao sa Diyos ay na mayroon siyang matapat na puso, at na lubos niyang inilalaan ang kanyang sarili, at tunay siyang sumusunod. Ang pinakamahirap para sa tao ay ibigay ang kanyang buong buhay kapalit ng tunay na pananampalataya, at sa pamamagitan nito ay matamo niya ang buong katotohanan, at magampanan ang kanyang tungkulin bilang isang nilalang ng Diyos. Ito ang hindi kayang matamo ng mga nabibigo, at lalo pang hindi ito natatamo ng mga hindi makasumpong kay Cristo. Dahil ang tao ay hindi magaling sa buong paglalaan ng kanyang sarili sa Diyos, dahil ang tao ay hindi handang gampanan ang kanyang tungkulin sa Lumikha, dahil nakita na ng tao ang katotohanan ngunit iniwasan ito at tumatahak sa kanyang sariling landas, dahil laging naghahanap ang tao sa pamamagitan ng pagsunod sa landas ng mga nabigo na, dahil laging sinusuwat ng tao ang Langit, sa gayon, laging nabibigo ang tao, laging natatangay sa panlilinlang ni Satanas, at nabibitag sa sarili niyang patibong. Dahil hindi kilala ng tao si Cristo, dahil hindi sanay ang tao sa pag-unawa at pagdanas ng katotohanan, dahil masyadong sinasamba ng tao si Pablo at masyadong mapag-imbot sa langit, dahil laging hinihiling ng tao na sundin siya ni Cristo at inuutus-utusan niya ang Diyos, sa gayon yaong mga dakilang tao at yaong mga nakaranas na ng mga pagbabagong nangyayari sa mundo ay mortal pa rin, at namamatay pa rin sa gitna ng pagkastigo ng Diyos. Ang masasabi Ko lamang tungkol sa gayong mga tao ay na namamatay sila sa kalunus-lunos na paraan, at na ang bunga para sa kanila—ang kanilang kamatayan—ay hindi walang katwiran. Hindi ba ang kanilang kabiguan ay lalo pang hindi mapapalampas sa batas ng Langit? Ang katotohanan ay nagmumula sa mundo ng tao, subalit ang katotohanang nasa tao ay ipinapasa ni Cristo. Ito ay nagmumula kay Cristo, ibig sabihin, mula sa Diyos Mismo, at hindi ito isang bagay na kaya ng tao. Subalit si Cristo ay naglalaan lamang ng katotohanan; hindi Siya pumaparito upang magpasiya kung ang tao ay magiging matagumpay sa kanyang paghahangad na matamo ang katotohanan. Sa gayon nangangahulugan ito na ang tagumpay o kabiguan sa katotohanan ay dahil lahat sa pinagsisikapang matamo ng tao. Ang tagumpay o kabiguan ng tao sa katotohanan ay hindi nagkaroon ng kinalaman kay Cristo kailanman, kundi sa halip ay nalalaman sa pamamagitan ng kanyang paghahangad. Ang hantungan at tagumpay o kabiguan ng tao ay hindi maaaring isisi sa Diyos, para ang Diyos Mismo ay magpasan nito, dahil hindi

ito isang bagay na para sa Diyos Mismo, kundi direkta itong nauugnay sa tungkuling dapat gampanan ng mga nilalang ng Diyos. Karamihan sa mga tao ay mayroon talagang kaunting kaalaman tungkol sa pinagsisikapan at hantungan nina Pablo at Pedro, subalit wala ibang alam ang mga tao bukod sa mga kahihinatnan nina Pedro at Pablo, at wala silang alam tungkol sa lihim sa likod ng tagumpay ni Pedro, o sa mga kakulangang humantong sa kabiguan ni Pablo. Kaya nga, kung kayo ay lubos na walang kakayahang makakita sa kakanyahan ng kanilang pinagsisikapan, mabibigo pa rin ang pinagsisikapan ng karamihan sa inyo, at kahit may kaunti sa inyo na magtatagumpay, hindi pa rin sila makakapantay ni Pedro. Kung ang landas ng iyong pagsisikap ang siyang tama, may pag-asa kang magtagumpay; kung ang landas na iyong tinatahak sa paghahangad ng katotohanan ay mali, hindi mo makakayang magtagumpay magpakailanman, at hahantong sa katapusang katulad ng kay Pablo.

Si Pedro ay isang taong ginawang perpekto. Matapos makaranas ng pagkastigo at paghatol, at sa gayo'y magtamo ng dalisay na pagmamahal sa Diyos, saka lamang siya lubos na nagawang perpekto; ang landas na kanyang tinahak ay ang landas para magawang perpekto. Na ibig sabihin ay, sa simula pa lamang, ang landas na tinahak ni Pedro ay yaong tama, at ang nagganyak sa kanya para manampalataya sa Diyos ay yaong tama, kaya nga siya ay naging isang taong ginawang perpekto at tumahak siya sa isang bagong landas na hindi pa dating natahak ng tao kailanman. Gayunman, ang landas na natahak ni Pablo sa simula pa lamang ay ang landas na pasalungat kay Cristo, at dahil lamang sa ninais ng Banal na Espiritu na kasangkapanin siya, at samantalain ang kanyang mga talento at lahat ng kanyang kakayahan para sa Kanyang gawain, gumawa siya para kay Cristo sa loob ng ilang dekada. Isa lamang siyang tao na kinasangkapan ng Banal na Espiritu, at hindi siya kinasangkapan nang dahil sa maganda ang tingin ni Jesus sa kanyang pagkatao, kundi dahil sa kanyang mga talento. Nakagawa siya para kay Jesus dahil siya ay pinabagsak, hindi dahil masaya siyang gawin iyon. Nagawa niya ang gayong gawain dahil sa kaliwanagan at patnubay ng Banal na Espiritu, at ang gawaing kanyang ginawa ay hindi kumakatawan sa anumang paraan sa kanyang pinagsisikapang matamo, o sa kanyang pagkatao. Ang gawain ni Pablo ay kumatawan sa gawain ng isang lingkod, na ibig sabihin ay na ginawa niya ang gawain ng isang apostol. Si Pedro, gayunpaman, ay kaiba: Gumawa rin siya ng ilang gawain; hindi ito kasindakila ng gawain ni Pablo, ngunit gumawa siya habang pinagsisikapan ang kanyang sariling pagpasok, at ang kanyang gawain ay kaiba sa gawain ni Pablo. Ang gawain ni Pedro ay ang gampanan ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos. Hindi siya gumanap sa papel ng isang apostol, kundi gumawa habang pinagsisikapang mahalin ang Diyos. Ang gawain ni Pablo ay naglaman din ng personal na pinagsisikapan niyang matamo: Ang kanyang pinagsisikapan ay walang iba kundi para sa kapakanan ng kanyang mga inaasam para sa hinaharap, at ng kanyang paghahangad sa isang magandang hantungan. Hindi siya tumanggap ng pagpipino sa panahon ng kanyang gawain, ni hindi siya tumanggap ng pagtatabas at pakikitungo. Naniwala siya na basta't ang gawaing kanyang

ginawa ay nakatupad sa naisin ng Diyos, at lahat ng kanyang ginawa ay nakalugod sa Diyos, isang gantimpala ang naghintay sa kanya sa huli. Walang personal na mga karanasan sa kanyang gawain—lahat ng iyon ay para sa sariling kapakanan nito, at hindi isinagawa sa gitna ng paghahangad ng pagbabago. Lahat sa kanyang gawain ay isang transaksyon, hindi ito naglaman ng anuman sa tungkulin o pagpapasakop ng isang nilalang ng Diyos. Habang patuloy ang kanyang gawain, walang nangyaring pagbabago sa dating disposisyon ni Pablo. Ang kanyang gawain ay paglilingkod lamang sa iba, at hindi kayang magdulot ng mga pagbabago sa kanyang disposisyon. Isinagawa ni Pablo ang kanyang gawain nang tuwiran, nang hindi siya nagagawang perpekto o napapakitunguhan, at siya ay naganyak ng gantimpala. Iba si Pedro: Isa siyang taong sumailalim na sa pagtatabas at pakikitungo at sumailalim na sa pagpipino. Ang layunin at pangganyak ng gawain ni Pedro ay talagang naiiba kaysa kay Pablo. Bagama't hindi gumawa si Pedro ng maraming gawain, ang kanyang disposisyon ay sumailalim sa maraming pagbabago, at ang kanyang hinanap ay ang katotohanan, at tunay na pagbabago. Ang kanyang gawain ay hindi isinagawa para lamang sa kapakanan ng gawain mismo. Bagama't maraming gawaing ginawa si Pablo, lahat ng iyon ay gawain ng Banal na Espiritu, at kahit nakipagtulungan si Pablo sa gawaing ito, hindi niya ito naranasan. Kaya gumawa si Pedro ng mas kakaunting gawain ay dahil lamang sa hindi gumawa ng maraming gawain ang Banal na Espiritu sa pamamagitan niya. Ang dami ng kanilang gawain ay hindi tinukoy kung sila man ay ginawang perpekto; ang pinagsikapan ng isa ay upang tumanggap ng mga gantimpala, at ng isa naman ay upang magkaroon ng sukdulang pagmamahal sa Diyos, at gampanan ang kanyang tungkulin bilang isang nilalang ng Diyos, hanggang sa maaari na niyang isabuhay ang isang kaibig-ibig na imahe upang mapalugod ang naisin ng Diyos. Sa panlabas na anyo sila ay magkaiba, gayundin ang kanilang mga kakanyahan. Hindi mo matutukoy kung sino sa kanila ang ginawang perpekto batay sa kung gaano karami ang ginawa nilang gawain. Hinangad ni Pedro na isabuhay ang larawan ng isang taong nagmamahal sa Diyos, maging isang taong sumunod sa Diyos, maging isang taong tumanggap ng pakikitungo at pagtatabas, at maging isang taong gumanap sa kanyang tungkulin bilang isang nilalang ng Diyos. Nagawa niyang italaga ang kanyang sarili sa Diyos, ilagak ang kanyang kabuuan sa mga kamay ng Diyos, at sundin Siya hanggang kamatayan. Iyon ang kanyang ipinasiyang gawin at, bukod pa ryan, iyon ang kanyang nakamit. Ito ang pangunahing dahilan kaya iba ang kanyang kinahinatnan sa kinahinatnan ni Pablo. Ang gawaing ginawa ng Banal na Espiritu kay Pedro ay upang gawin siyang perpekto, at ang gawaing ginawa ng Banal na Espiritu kay Pablo ay ang kasangkapanin siya. Iyan ay dahil ang kanilang likas na pagkatao at kanilang mga pananaw tungo sa paghahangad ay hindi pareho. Pareho nilang taglay ang gawain ng Banal na Espiritu. Inangkop ni Pedro ang gawaing ito sa kanyang sarili, at ibinigay rin ito sa iba; samantala, si Pablo naman ay nagkaloob lamang ng kabuuan ng gawain ng Banal na Espiritu sa iba, at walang natamo mismo mula rito. Sa ganitong paraan, matapos niyang maranasan ang gawain ng Banal na Espiritu sa

loob ng maraming taon, halos walang ipinagbago si Pablo. Nanatili pa rin siya halos sa kalagayan ng kanyang likas na pagkatao, at siya pa rin ang dating Pablo. Kaya lamang, matapos magtiis ng paghihirap sa maraming taon ng paggawa, natuto siyang “gumawa,” at natutong magtiis, ngunit ang kanyang dating likas na pagkatao—ang likas niyang hilig na makipagpaligsahan at pumatay—ay nanatili pa rin. Matapos gumawa sa loob ng napakaraming taon, hindi niya alam ang kanyang tiwaling disposisyon, ni hindi niya naalis sa kanyang sarili ang kanyang dating disposisyon, at malinaw pa rin iyong nakita sa kanyang gawain. Mas marami lamang siyang karanasan sa paggawa, ngunit hindi siya kayang baguhin ng gayon katiting na karanasan at hindi kanyang baguhin ang kanyang mga pananaw tungkol sa pag-iral o sa kabuluhan ng kanyang pinagsisikapang matamo. Bagama’t gumawa siya sa loob ng maraming taon para kay Cristo, at hindi na muling inusig ang Panginoong Jesus kailanman, sa kanyang puso ay walang pagbabago sa kanyang kaalaman tungkol sa Diyos. Nangangahulugan ito na hindi siya gumawa upang ilaan ang kanyang sarili sa Diyos, kundi sa halip ay napilitan siyang gumawa para sa kapakanan ng kanyang hantungan sa hinaharap. Sapagkat, sa simula, inusig niya si Cristo, at hindi siya nagpasakop kay Cristo; siya ay likas na isang rebelde na sadyang kumontra kay Cristo, at isang taong walang alam tungkol sa gawain ng Banal na Espiritu. Nang halos patapos na ang kanyang gawain, hindi pa rin niya alam ang gawain ng Banal na Espiritu, at kumilos lamang sa sarili niyang kusa batay sa kanyang sariling pagkatao, nang hindi nagbibigay ni kaunting pansin sa kalooban ng Banal na Espiritu. Kaya nga ang kanyang likas na pagkatao ay napopoot kay Cristo at hindi sumunod sa katotohanan. Ang isang taong kagaya nito, na tinalikdan na ng gawain ng Banal na Espiritu, na hindi alam ang gawain ng Banal na Espiritu, at kumontra din kay Cristo—paano kaya maililigtas ang gayong tao? Maaari mang mailigtas ang tao o hindi ay hindi nakasalalay sa kung gaano karaming gawain ang kanyang ginagawa, o kung gaano siya nakalaan, kundi sa halip ay natutukoy sa kung alam niya o hindi ang gawain ng Banal na Espiritu, kung kaya niya o hindi na isagawa ang katotohanan, at kung nakaayon o hindi ang kanyang mga pananaw sa pagsisikap na matamo ang katotohanan.

Bagama’t naganap ang likas na mga paghahayag nang magsimula nang sundan ni Pedro si Jesus, sa simula pa lamang, isa na siyang tao na likas na handang magpasakop sa Banal na Espiritu at maghanap kay Cristo. Ang kanyang pagsunod sa Banal na Espiritu ay dalisay: Hindi siya naghangad ng katanyagan at yaman, kundi sa halip ay naganyak siya ng pagsunod sa katotohanan. Bagama’t tatlong beses ikinaila ni Pedro na kilala niya si Cristo, at bagama’t tinukso niya ang Panginoong Jesus, ang gayong maliit na kahinaan ng tao ay walang kinalaman sa kanyang likas na pagkatao, at hindi ito nakaapekto sa kanyang pinagsisikapang matamo sa hinaharap, at hindi nito mapatunayan nang sapat na ang kanyang panunukso ay gawa ng isang anticristo. Ang normal na kahinaan ng tao ay isang bagay na karaniwan sa lahat ng tao sa mundo—inaasahan mo ba na maiiba si Pedro kahit paano? Hindi ba may ilang pananaw ang mga tao tungkol kay Pedro dahil gumawa siya ng ilang hangal na pagkakamali? At hindi ba labis na

hinahangaan ng mga tao si Pablo dahil sa lahat ng gawaing kanyang ginawa, at lahat ng liham na kanyang isinulat? Paano makakaya ng tao na matukoy ang diwa ng tao? Siguro naman ang mga totoong matitino ay may nakikitang isang bagay na gayon kawalang-halaga? Bagama't hindi nakatala sa Bibliya ang maraming taon ng masasakit na karanasan ni Pedro, hindi nito pinatutunayan na hindi nagkaroon ng mga tunay na karanasan si Pedro, o na hindi ginawang perpekto si Pedro. Paano lubos na maaarok ng tao ang gawain ng Diyos? Ang mga nakatala sa Bibliya ay hindi personal na pinili ni Jesus, kundi pinagsama-sama ng mga sumunod na henerasyon. Dahil doon, hindi ba pinili ang lahat ng nakatala sa Bibliya ayon sa mga ideya ng tao? Bukod pa ryan, ang mga kinahinatnan nina Pedro at Pablo ay hindi lubos na nakalahad sa mga liham, kaya hinuhusgahan ng tao sina Pedro at Pablo ayon sa kanyang sariling mga pananaw, at ayon sa kanyang sariling mga kagustuhan. At dahil napakaraming gawaing ginawa si Pablo, dahil napakarami ng kanyang mga “ambag,” nakuha niya ang tiwala ng masa. Hindi ba nagtutuon lamang ang tao sa mga kababawan? Paano makakayang matukoy ng tao ang diwa ng tao? Bukod pa ryan, dahil inidolo si Pablo nang ilang libong taon, sino ang mangangahas na padalus-dalos na tanggihan ang kanyang gawain? Si Pedro ay isa lamang mangingisda, kaya paano magiging kasindakila ng kay Pablo ang kanyang ambag? Pagdating sa mga ambag na ginawa nila, dapat ay unang ginantimpalaan si Pablo bago si Pedro, at siya dapat ang higit na karapat-dapat na magtamo ng pagsang-ayon ng Diyos. Sino ang makakaisip na, sa Kanyang pagtrato kay Pablo, pinagawa lamang siya ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang mga talento, samantalang ginawang perpekto ng Diyos si Pedro. Hindi nangyari na nakagawa ang Panginoong Jesus ng mga plano para kina Pedro at Pablo sa simula pa lamang: Sila, sa halip, ay ginawang perpekto o pinagawa ayon sa kanilang likas na pagkatao. Kaya nga, ang nakikita ng mga tao ay panlabas lamang na mga ambag ng tao, samantalang ang nakikita ng Diyos ay ang diwa ng tao, gayundin ang landas na tinatahak ng tao sa simula pa lamang, at ang pangganyak sa likod ng pinagsisikapang matamo ng tao. Sinusukat ng mga tao ang isang tao ayon sa kanilang mga kuru-kuro, at ayon sa sarili nilang pang-unawa, subalit ang huling kahihinatnan ng isang tao ay hindi natutukoy ayon sa kanyang mga panlabas na katangian. Kaya nga sinasabi ko na kung ang landas na iyong tinatahak sa simula pa lamang ay ang landas ng tagumpay, at ang iyong pananaw tungo sa pagsisikap ay yaong tama sa simula pa lamang, katulad ka ni Pedro; kung ang landas na iyong tinatahak ay ang landas ng kabiguan, anuman ang halagang iyong binabayaran, ang iyong katapusan ay magiging katulad pa rin ng kay Pablo. Ano't anuman, ang iyong patutunguhan, at magtagumpay ka man o mabigo, ay kapwa natutukoy sa kung ang landas na iyong hinahangad ay yaong tama o hindi, sa halip na ang iyong debosyon, o ang halaga na iyong binabayaran. Ang mga kakanyahan nina Pedro at Pablo, at ang mga layuning kanilang pinagsisikapang matupad, ay magkaiba; hindi kaya ng tao na tuklasin ang mga bagay na ito, at ang Diyos lamang ang maaaring makaalam sa kabuuan ng mga iyon. Sapagkat ang nakikita ng Diyos ay ang diwa ng tao, samantalang walang

alam ang tao tungkol sa sarili niyang kakanyahan. Walang kakayahan ang tao na mamasdan ang kakanyahan ng kalooban ng tao o ng kanyang totoong tayog, at sa gayon ay wala siyang kakayahang tukuyin ang mga dahilan ng kabiguan at tagumpay nina Pablo at Pedro. Ang dahilan kaya sinasamba ng karamihan ng tao si Pablo at hindi si Pedro ay dahil kinasangkapan si Pablo para sa gawaing pampubliko, at nahihiwatigan ng tao ang gawaing ito, kaya nga kinikilala ng tao ang “mga tagumpay” ni Pablo. Ang mga karanasan ni Pedro, samantala, ay hindi nakikita ng tao, at yaong kanyang hinangad ay hindi kayang matamo ng tao, kaya nga walang interes ang tao kay Pedro.

Ginawang perpekto si Pedro sa pamamagitan ng pagdanas ng pakikitungo at pagpipino. Sabi niya, “Kailangan kong bigyang-kasiyahan ang naisin ng Diyos sa lahat ng oras. Sa lahat ng aking ginagawa, ang hangad ko lamang ay mabigyang-kasiyahan ang kalooban ng Diyos, at kung ako man ay kinakastigo o hinahatulan, masaya pa rin akong gawin iyon.” Ibinigay ni Pedro ang lahat-lahat niya sa Diyos, at lahat ng kanyang gawain, mga salita, at buong buhay ay alang-alang sa pagmamahal sa Diyos. Isa siyang taong naghangad ng kabanalan, at nang lalo siyang nakaranas, lalong lumago ang kanyang pagmamahal sa Diyos sa kaibuturan ng kanyang puso. Si Pablo, samantala, ay gumawa lamang ng panlabas na gawain, at bagama’t nagsumikap din siya nang husto, ang kanyang mga pagpapagal ay para magawa nang wasto ang kanyang gawain at sa gayon ay magtamo ng gantimpala. Kung nalaman lamang niya na hindi siya tatanggap ng gantimpala, isinuko na sana niya ang kanyang gawain. Ang pinahalagahan ni Pedro ay ang tunay pagmamahal sa kanyang puso, at yaong praktikal at maaaring makamit. Hindi niya pinahalagahan kung tumanggap man siya ng gantimpala, kundi kung ang kanyang disposisyon ay maaaring mabago. Ang pinahalagahan ni Pablo ay ang magsumikap pa nang husto, pinahalagahan niya ang panlabas na gawain at debosyon, at tungkol sa mga doktrinang hindi naranasan ng normal na mga tao. Hindi niya pinahalagahan ang mga pagbabago sa kanyang kaibuturan ni sa tunay na pagmamahal sa Diyos. Ang mga karanasan ni Pedro ay upang magkamit ng tunay na pagmamahal at totoong kaalaman tungkol sa Diyos. Ang kanyang mga karanasan ay upang higit siyang mapalapit sa Diyos, at magkaroon ng isang praktikal na pamumuhay. Ang gawain ni Pablo ay ginawa dahil doon sa ipinagkatiwala sa kanya ni Jesus, at upang matamo ang mga bagay na kanyang inasam, subalit walang kaugnayan ang mga ito sa kanyang kaalaman tungkol sa kanyang sarili at sa Diyos. Ang kanyang gawain ay para lamang matakasan ang pagkastigo at paghatol. Ang hinangad ni Pedro ay dalisay na pagmamahal, at ang hinangad naman ni Pablo ay ang korona ng katuwiran. Naranasan ni Pedro ang maraming taon ng gawain ng Banal na Espiritu, at nagkaroon ng isang praktikal na kaalaman tungkol kay Cristo, gayundin ang isang malalim na kaalaman tungkol sa kanyang sarili. Kaya nga, ang kanyang pagmamahal sa Diyos ay dalisay. Ang maraming taon ng pagpipino ay nagpayaman sa kanyang kaalaman tungkol kay Jesus at sa buhay, at ang kanyang pagmamahal ay isang pagmamahal na walang kundisyon, isa iyong pagmamahal na kusang-loob, at wala siyang hiniling na anuman bilang kapalit, ni hindi

siya umasa sa anumang mga pakinabang. Gumawa si Pablo nang maraming taon, subalit hindi siya nagkaroon ng malaking kaalaman tungkol kay Cristo, at ang kanyang kaalaman tungkol sa kanyang sarili ay napakaliit. Wala talaga siyang pagmamahal kay Cristo, at ang kanyang gawain at ang daan na kanyang tinahak ay upang magkamit ng huling putong. Ang kanyang hinangad ay ang pinakamagandang korona, hindi ang pinakadalisay na pagmamahal. Hindi siya aktibong naghangad, kundi wala lamang siyang kibo; hindi niya ginampanan ang kanyang tungkulin, kundi napilitan sa kanyang pagsisikap matapos mahuli ng gawain ng Banal na Espiritu. Kaya nga, ang kanyang pagsisikap ay hindi nagpapatunay na siya ay karapat-dapat na nilalang ng Diyos; si Pedro ang karapat-dapat na nilalang ng Diyos na gumanap ng kanyang tungkulin. Iniisip ng tao na lahat ng nag-aambag sa Diyos ay dapat tumanggap ng gantimpala, at na kapag mas malaki ang ambag, mas iniisip nila na dapat silang makatanggap ng paglingap ng Diyos. Ang diwa ng pananaw ng tao ay transaksyonal, at hindi siya aktibong naghahangad na gampanan ang kanyang tungkulin bilang isang nilalang ng Diyos. Para sa Diyos, kapag mas naghahangad ang mga tao na tunay na mahal in ang Diyos at lubos na sundin ang Diyos, na nangangahulugan din ng paghahangad na gampanan ang kanilang tungkulin bilang isang nilalang ng Diyos, lalo nilang nagagawang makamit ang pagsang-ayon ng Diyos. Ang pananaw ng Diyos ay upang hilingin na mabawi ng tao ang kanyang orihinal na tungkulin at katayuan. Ang tao ay isang nilalang ng Diyos, kaya nga hindi dapat magmalabis ang tao sa paghingi ng anuman sa Diyos, at wala na siyang dapat gawin maliban sa gampanan ang kanyang tungkulin bilang isang nilalang ng Diyos. Ang mga patutunguhan nina Pablo at Pedro ay nasukat ayon sa kung kaya nilang gampanan ang kanilang tungkulin bilang mga nilalang ng Diyos, at hindi ayon sa laki ng kanilang ambag; ang kanilang mga hantungan ay natukoy ayon doon sa kanilang hinangad sa simula pa lamang, hindi ayon sa kung gaano karaming gawain ang kanilang ginawa, o sa pagtantiya ng ibang mga tao sa kanila. Kaya nga, ang paghahangad na aktibong gampanan ang tungkulin ng isang tao bilang isang nilalang ng Diyos ang landas tungo sa tagumpay; ang paghahangad sa landas ng tunay na pagmamahal sa Diyos ang pinakatamang landas; ang paghahangad sa mga pagbabago sa dating disposisyon ng isang tao, at paghahangad ng dalisay na pagmamahal sa Diyos, ang landas tungo sa tagumpay. Ang landas na iyon tungo sa tagumpay ang landas ng pagbawi sa orihinal na tungkulin gayundin sa orihinal na anyo ng isang nilalang ng Diyos. Ito ang landas ng pagbawi, at ito rin ang layunin ng lahat ng gawain ng Diyos mula simula hanggang katapusan. Kung ang paghahangad ng tao ay nababahiran ng personal na maluluhong paghiling at hindi makatwirang mga pag-asam, ang epektong natatamo ay hindi ang mga pagbabago sa disposisyon ng tao. Salungat ito sa gawain ng pagbawi. Walang duda na hindi ito ang gawaing ginawa ng Banal na Espiritu, kaya nga nagpapatunay ito na ang ganitong klaseng paghahangad ay hindi sinang-ayunan ng Diyos. Ano ang kabuluhan ng isang paghahangad na hindi sinang-ayunan ng Diyos?

Ang gawaing ginawa ni Pablo ay ipinakita sa harap ng tao, ngunit kung gaano

kadalisay noon ang kanyang pagmamahal sa Diyos at gaano niya minahal ang Diyos sa kaibuturan ng kanyang puso—ang mga bagay na ito ay hindi nakikita ng tao. Namamasdan lamang ng tao ang gawaing kanyang ginawa, kung saan nalalaman ng tao na tiyak na siya ay kinasangkapan ng Banal na Espiritu, kaya nga iniisip ng tao na mas mabuti si Pablo kaysa kay Pedro, na mas dakila ang kanyang gawain, sapagkat nagawa niyang tustusan ang mga iglesia. Umasa lamang si Pedro sa kanyang mga personal na karanasan at iilang tao lamang ang natamo sa kanyang panaka-nakang gawain. Mula sa kanya iilan lamang ang di-gaanong kilalang mga sulat, ngunit sino ang nakakaalam kung gaano kadakila ang kanyang pagmamahal sa Diyos sa kaibuturan ng kanyang puso? Araw-araw, gumawa si Pablo para sa Diyos: Basta't may gawaing gagawin, ginawa niya iyon. Nadama niya na sa ganitong paraan ay magkakamit siya ng korona, at mabibigyang-kasiyahan ang Diyos, subalit hindi siya naghanap ng mga paraan para baguhin ang kanyang sarili sa pamamagitan ng kanyang gawain. Anuman sa buhay ni Pedro na hindi nagbigay-kasiyahan sa naisin ng Diyos ay nakaligalig sa kanya. Kung hindi iyon nakalugod sa naisin ng Diyos, nakadama siya ng taos na pagsisisi, at naghanap ng angkop na paraan para mapagsikapan niyang mapalugod ang puso ng Diyos. Kahit sa pinakamaliit at pinaka-walang-kabuluhang mga aspeto ng kanyang buhay, kusa pa rin niyang pinalugod ang naisin ng Diyos. Gayon din siya katindi pagdating sa kanyang dating disposisyon, laging mahigpit sa kanyang mga hinihingi sa kanyang sarili upang sumulong nang mas malalim sa katotohanan. Hinangad lamang ni Pablo ang mababaw na reputasyon at katayuan. Hinangad niyang ipagyabang ang kanyang sarili sa harap ng tao, at hindi naghangad na sumulong nang mas malalim sa kanyang pagpasok sa buhay. Ang kanyang pinahalagahan ay ang doktrina, hindi ang realidad. Sabi ng ilang tao, “Napakaraming ginawa ni Pablo para sa Diyos, bakit hindi siya naalaala ng Diyos? Gumawa lamang si Pedro ng kaunting gawain para sa Diyos, at hindi malaki ang iniambag sa mga iglesia, kaya bakit siya ginawang perpekto?” Minahal ni Pedro ang Diyos kahit paano, na siyang kinailangan ng Diyos; ang gayong mga tao lamang ang may patotoo. At ano naman ang kay Pablo? Gaano minahal ni Pablo ang Diyos? Alam mo ba? Para saan ba ginawa ang gawain ni Pablo? At para saan ginawa ang gawain ni Pedro? Hindi gaanong marami ang ginawang gawain ni Pedro, ngunit alam mo ba kung ano ang nasa kaibuturan ng kanyang puso? Ang gawain ni Pablo ay ukol sa pagtustos sa mga iglesia, at sa suporta ng mga iglesia. Ang naranasan ni Pedro ay mga pagbabago sa kanyang disposisyon sa buhay; naranasan niyang mahal in ang Diyos. Ngayong alam mo na ang mga pagkakaiba sa kanilang mga kakanyahan, makikita mo kung sino, sa bandang huli, ang tunay na naniwala sa Diyos, at sino ang hindi tunay na naniwala sa Diyos. Ang isa sa kanila ay tunay na nagmahal sa Diyos, at ang isa pa ay hindi tunay na nagmahal sa Diyos; ang isa ay sumailalim sa mga pagbabago sa kanyang disposisyon, at ang isa pa ay hindi; ang isa ay mapagpakumbabang naglingkod, at hindi madaling napansin ng mga tao, at ang isa pa ay sinamba ng mga tao, at naging dakila sa paningin nila; ang isa ay naghangad ng kabanalan, at ang isa pa ay hindi, at bagama't hindi siya marumi, hindi siya nag-angkin

ng isang dalisay na pagmamahal; ang isa ay nag-angkin ng totoong pagkatao, at ang isa pa ay hindi; ang isa ay nag-angkin ng katinuan ng isang nilalang ng Diyos, at ang isa pa ay hindi. Gayon ang mga pagkakaiba sa mga kakanyahan nina Pablo at Pedro. Ang landas na tinahak ni Pedro ay ang landas ng tagumpay, na siya ring landas ng pagkakamit ng pagbawi sa normal na pagkatao at pagbawi sa tungkulin ng isang nilalang ng Diyos. Kinakatawan ni Pedro ang lahat ng taong tagumpay. Ang landas na tinahak ni Pablo ay ang landas ng kabiguan, at kinakatawan niya ang lahat ng nagpapasakop lamang at ginugugol ang kanilang sarili nang paimbabaw, at hindi tunay na nagmamahal sa Diyos. Kinakatawan ni Pablo ang lahat ng hindi nagtataglay ng katotohanan. Sa kanyang paniniwala sa Diyos, hinangad ni Pedro na bigyang-kasiyahan ang Diyos sa lahat ng bagay, at hinangad na sundin ang lahat ng nagmula sa Diyos. Wala ni katiting na reklamo, nagawa niyang tanggapin ang pagkastigo at paghatol, gayundin ang pagpipino, kapighatian at kakulangan sa kanyang buhay, at walang isa man dito na maaaring magpabago sa kanyang pagmamahal sa Diyos. Hindi ba ito ang sukdulang pagmamahal sa Diyos? Hindi ba ito ang katuparan ng tungkulin ng isang nilalang ng Diyos? Sa pagkastigo man, paghatol, o kapighatian, lagi kang may kakayahang maging masunurin hanggang kamatayan, at ito ang dapat makamit ng isang nilalang ng Diyos, ito ang kadalisayan ng pagmamahal sa Diyos. Kung makakamtan ng tao ang ganito, siya ay isang angkop na nilalang ng Diyos, at wala nang ibang mas nagbibigay-kasiyahan sa naisin ng Lumikha. Ipagpalagay nang nakakagawa ka para sa Diyos, subalit hindi ka sumusunod sa Diyos, at hindi mo kayang tunay na mahalin ang Diyos. Sa ganitong paraan, hindi mo lamang hindi natupad ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos, kundi ikukondena ka rin ng Diyos, dahil ikaw ay isang taong hindi nagtataglay ng katotohanan, na walang kakayahang sumunod sa Diyos, at suwail sa Diyos. Pinahahalagahan mo lamang ang paggawa para sa Diyos, at hindi mo pinahahalagahan ang pagsasagawa ng katotohanan o pagkilala sa iyong sarili. Hindi mo nauunawaan o nakikilala ang Lumikha, at hindi mo sinusunod o minamahal ang Lumikha. Ikaw ay isang taong likas na suwail sa Diyos, kaya nga ang gayong mga tao ay hindi minamahal ng Lumikha.

Sabi ng ilang tao, “Gumawa si Pablo ng napakaraming gawain, at bumalikat siya ng mabibigat na pasanin para sa mga iglesia at nag-ambag nang malaki sa mga iyon. Pinagtibay sa labintatlong sulat ni Pablo ang 2,000 taon ng Kapanahunan ng Biyaya, at pumapangalawa lamang sa Apat na Ebanghelyo. Sino ang maikukumpara sa kanya? Walang sinumang makaintindi sa Pahayag ni Juan, samantalang ang mga sulat ni Pablo ay nagbibigay-buhay, at ang gawaing kanyang ginawa ay kapaki-pakinabang sa mga iglesia. Sino pa ang maaaring makagawa ng gayong mga bagay? At ano ang gawaing ginawa ni Pedro?” Kapag sinusukat ng tao ang iba, ginagawa niya iyon ayon sa kanilang naging ambag. Kapag sinusukat ng Diyos ang tao, ginagawa Niya iyon ayon sa likas na pagkatao ng tao. Sa mga naghahangad ng buhay, si Pablo ay isang taong hindi alam ang sarili niyang diwa. Hindi siya mapagpakumbaba o masunurin, sa anumang paraan, ni hindi niya alam ang kanyang kakanyahan, na salungat sa Diyos. Kaya nga, siya ay

isang taong hindi pa sumailalim sa mga detalyadong karanasan, at isang taong hindi nagsagawa ng katotohanan. Iba si Pedro. Alam niya ang kanyang mga pagkakamali, kahinaan, at tiwaling disposisyon bilang isang nilalang ng Diyos, kaya nga nagkaroon siya ng isang landas ng pagsasagawa na naging daan upang magbago ang kanyang disposisyon; hindi siya isa sa mga mayroon lamang doktrina ngunit hindi nagtaglay ng realidad. Yaong mga nagbabago ay mga baguhan na naligtas na, sila yaong mga karapat-dapat sa pagsisikap na matamo ang katotohanan. Ang mga taong hindi nagbabago ay kabilang sa mga natural na laos na; sila yaong mga hindi naligtas, ibig sabihin, yaong mga kinamuhian at tinanggihan ng Diyos. Hindi sila maaalaala ng Diyos gaano man kadakila ang kanilang gawain. Kapag ikinumpara mo ito sa sarili mong pagsisikap, kapareho ka man ni Pedro o ni Pablo sa huli ay dapat maging malinaw. Kung wala pa ring katotohanan sa iyong hinahanap, at kung kahit ngayon ay mayabang ka pa rin at walang-pakundangan na kagaya ni Pablo, at magaling ka pa ring magsalita at mayabang na katulad niya, walang duda na isa kang masamang tao na nabibigo. Kung hinahangad mo ang hinangad ni Pedro, kung hinahangad mo ang mga pagsasagawa at tunay na mga pagbabago, at hindi ka mayabang o matigas ang ulo, kundi hinahangad mong gampanan ang iyong tungkulin, ikaw ay magiging nilalang ng Diyos na kayang magtagumpay. Hindi alam ni Pablo ang sarili niyang kakanyahan o katiwalian, lalong hindi niya alam ang sarili niyang pagsuway. Hindi niya binanggit kailanman ang kanyang kasuklam-suklam na paglaban kay Cristo, ni hindi siya masyadong nagsisi. Nag-alok lamang siya ng maikling paliwanag at, sa kaibuturan ng kanyang puso, hindi siya lubusang nagpasakop sa Diyos. Bagama't nahulog siya sa daan patungong Damasco, hindi siya tumingin sa kanyang sariling kaibuturan. Kuntento na siyang patuloy lamang na gumawa, at hindi niya itinuring na pinakamahalaga sa mga problema ang kilalanin ang kanyang sarili at baguhin ang kanyang dating disposisyon. Masaya na siya sa pagsasalita lamang ng katotohanan, sa pagtustos sa iba bilang pampalubag sa sarili niyang konsiyensya, at sa pagtigil sa pag-usig sa mga disipulo ni Jesus upang aliwin ang kanyang sarili at patawarin ang kanyang sarili para sa kanyang nakaraang mga kasalanan. Ang mithiing kanyang pinagsikapang matamo ay walang iba kundi isang korona sa hinaharap at panandaliang gawain, ang mithiing kanyang pinagsikapang matamo ay saganang biyaya. Hindi siya naghangad ng sapat na katotohanan, ni hindi siya naghangad na maunawaan nang mas malalim ang katotohanang hindi niya naunawaan noon. Samatuwid ay masasabi na ang kanyang kaalaman tungkol sa kanyang sarili ay mali, at hindi siya tumanggap ng pagkastigo o paghatol. Hindi komo nakaya niyang gumawa ay mayroon siyang kaalaman tungkol sa kanyang sariling likas na pagkatao o kakanyahan; ang kanyang tuon ay nasa panlabas na mga pagsasagawa lamang. Ang kanyang pinagsumikapan, bukod pa rian, ay hindi pagbabago, kundi kaalaman. Ang kanyang gawain ay ang lubos na resulta ng pagpapakita ni Jesus sa daan patungong Damasco. Hindi iyon isang bagay na orihinal niyang naipasiyang gawin, ni hindi ito gawaing naganap matapos niyang matanggap ang pagtatabas ng kanyang dating disposisyon. Paano man siya gumawa, hindi nagbago

ang kanyang dating disposisyon, kaya nga ang kanyang gawain ay hindi naging bayad para sa dati niyang mga kasalanan kundi gumanap lamang ng isang papel sa mga iglesia noong panahong iyon. Para sa isang taong tulad nito, na ang dating disposisyon ay hindi nagbago—ibig sabihin, hindi nagkamit ng kaligtasan, at lalo pang walang taglay na katotohanan—talagang wala siyang kakayahang maging isa sa mga tinanggap ng Panginoong Jesus. Hindi siya isang taong puno ng pagmamahal at pagpipitagan kay Jesucristo, ni hindi siya isang taong bihasa sa paghahanap sa katotohanan, lalong hindi siya isang taong naghanap sa hiwaga ng pagkakatawang-tao. Isa lamang siyang taong sanay sa panlilinlang, at hindi susuko sa sinumang nakatataas sa kanya o taglay ang katotohanan. Kinainggitan niya ang mga tao o ang mga katotohanang taliwas sa kanya, o laban sa kanya, na mas gusto yaong mga taong may talento na nagpakita ng magandang imahe at nagtataglay ng malalim na kaalaman. Ayaw niyang makihalubilo sa mga taong maralita na naghanap sa tunay na daan at walang ibang pinahalagahan kundi ang katotohanan, at sa halip ay pinagkaabalahan lamang niya ang nakatatandang mga tao mula sa mga relihiyosong organisasyon na nagsalita lamang tungkol sa mga doktrina, at may saganang kaalaman. Wala siyang pagmamahal sa bagong gawain ng Banal na Espiritu at hindi niya pinahalagahan ang paggalaw ng bagong gawain ng Banal na Espiritu. Sa halip, pinaburan niya yaong mga panuntunan at doktrina na mas nakatataas kaysa mga pangkalahatang katotohanan. Sa kanyang likas na diwa at sa kabuuan ng kanyang hinangad, hindi siya karapat-dapat na matawag na isang Kristiyano na naghanap sa katotohanan, lalong hindi siya isang tapat na lingkod sa bahay ng Diyos, sapagkat masyado siyang mapagpaimbabaw, at napakatindi ng kanyang pagsuway. Bagama't kilala siya bilang isang lingkod ng Panginoong Jesus, hindi man lamang siya akmang pumasok sa tarangkahan ng kaharian ng langit, sapagkat ang kanyang mga kilos mula simula hanggang katapusan ay hindi matatawag na matuwid. Maaari lamang siyang ituring na mapagpaimbabaw, at gumawa ng kasamaan, subalit gumawa rin para kay Cristo. Bagama't hindi siya matatawag na masama, maaari siyang angkop na tawagin na isang taong gumawa ng kasamaan. Marami siyang ginawang gawain, subalit hindi siya kailangang hatulan batay sa dami ng gawaing kanyang ginawa, kundi sa kalidad at kakanyahan lamang nito. Sa paraang ito lamang posibleng malaman ang pinag-ugatan ng bagay na ito. Naniwala siya noon pa man: “Kaya kong gumawa, mas mahusay ako kaysa sa karamihan ng mga tao; isinasaalang-alang ko ang pasanin ng Panginoon nang higit kaninuman, at walang sinumang nagsisisi nang lubos na katulad ko, sapagkat ang nasinagan ako ng dakilang liwanag, at nakita ko na ang dakilang liwanag, kaya nga mas malalim ang aking pagsisisi kaysa kaninuman.” Sa panahong iyon, ito ang nasasalob ng kanyang puso. Sa katapusan ng kanyang gawain, sinabi ni Pablo: “Pinagbuti ko ang paglaban, natapos ko na ang aking lakbayin, at may nakalaan sa akin na isang korona ng katuwiran.” Ang kanyang laban, gawain, at lakbayin ay lubos na para sa kapakanan ng korona ng katuwiran, at hindi siya aktibong sumulong. Bagama't hindi siya pabigla-bigla sa kanyang gawain, masasabi na ang kanyang gawain ay ginawa para lamang punan

ang kanyang mga pagkakamali, punan ang mga panunumbat ng kanyang konsiyensya. Inasam lamang niyang kumpletuhin ang kanyang gawain, tapusin ang kanyang lakbayin, at pagbutihin ang kanyang paglaban sa lalong madaling panahon, upang matamo niya ang kanyang inaasam na korona ng katuwiran nang mas maaga. Ang kanyang inasam ay hindi upang makilala ang Panginoong Jesus sa kanyang mga karanasan at tunay na kaalaman, kundi upang tapusin ang kanyang gawain sa lalong madaling panahon, upang matanggap niya ang mga gantimpalang nakamit ng kanyang gawain para sa kanya nang makilala niya ang Panginoong Jesus. Ginamit niya ang kanyang gawain upang aliwin ang kanyang sarili, at makipagkasunduan kapalit ng isang korona sa hinaharap. Ang kanyang hinanap ay hindi ang katotohanan o ang Diyos, kundi ang korona lamang. Paano makakaabot sa pamantayan ang gayon pagsisikap? Ang kanyang pangganyak, kanyang gawain, ang halagang kanyang ibinayad, at lahat ng kanyang pagsisikap—lumaganap sa lahat ng iyon ang kanyang kamangha-manghang mga pantasya, at gumawa siya ayon lamang sa kanyang sariling mga hangarin. Sa kabuuan ng kanyang gawain, wala ni katiting na pagkukusa sa halagang kanyang ibinayad; pumasok lamang siya sa isang kasunduan. Ang kanyang mga pagsisikap ay hindi kusang ginawa upang gampanan ang kanyang tungkulin, kundi kusang ginawa upang makamit ang layunin ng kasunduan. May anumang halaga ba ang gayong mga pagsisikap? Sino ang pupuri sa kanyang maruruming pagsisikap? Sino ang may interes sa gayong mga pagsisikap? Ang kanyang gawain ay puno ng mga pangarap para sa hinaharap, puno ng kamangha-manghang mga plano, at walang anumang landas para mabago ang disposisyon ng tao. Napakalaking bahagi ng kanyang kabutihan ay pagkukunwari; ang kanyang gawain ay hindi tumustos ng buhay, kundi isang paimbabaw na kabutihan; pakikipagkasunduan iyon. Paano maaakay ng gawaing gaya nito ang tao tungo sa landas ng pagbawi sa kanyang orihinal na tungkulin?

Lahat ng hinangad ni Pedro ay kaayon ng puso ng Diyos. Hinangad niyang isakatuparan ang naisin ng Diyos, at kahit nagdusa at nahirapan, naging handa pa rin siyang tuparin ang naisin ng Diyos. Wala nang hihigit pang paghahangad ng isang mananampalataya ng Diyos. Ang hinangad ni Pablo ay may bahid ng kanyang sariling laman, ng kanyang sariling mga kuru-kuro, at ng kanyang sariling mga plano at pakana. Hindi siya karapat-dapat na nilalang ng Diyos sa anumang paraan, hindi siya isang taong naghangad na tuparin ang naisin ng Diyos. Hinangad ni Pedro na magpasakop sa mga pagsasaayos ng Diyos, at bagama't ang gawaing kanyang ginawa ay hindi malaki, ang pangganyak sa likod ng kanyang pagsisikap at ang landas na kanyang tinahak ay tama; bagama't hindi siya nakakuha ng maraming tao, nagawa niyang sundan ang daan ng katotohanan. Dahil dito masasabi na siya ay isang karapat-dapat na nilalang ng Diyos. Ngayon, kahit hindi ka isang manggagawa, dapat mong magawang gampanan ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos, at hangaring magpasakop sa lahat ng pagsasaayos ng Diyos. Dapat mong masunod ang anumang sinasabi ng Diyos, at maranasan ang lahat ng klase ng mga kapighatian at pagpipino, at bagama't ikaw ay mahina, sa puso

mo ay dapat mo pa ring magawang mahalin ang Diyos. Yaong mga nananagot para sa sarili nilang buhay ay handang gampanan ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos, at ang pananaw ng gayong mga tao tungkol sa paghahangad ang siyang tama. Sila ang mga taong kailangan ng Diyos. Kung marami kang ginawang gawain, at nakamit ng iba ang iyong mga turo, ngunit ikaw mismo ay hindi nagbago, at hindi nagbahagi ng anumang patotoo, o nagkaroon ng anumang tunay na karanasan, sa gayo'y sa katapusan ng iyong buhay, wala pa rin sa iyong mga nagawa ang nagpapatotoo, nagbago ka na nga ba? Isa ka bang taong naghahangad na matamo ang katotohanan? Sa pahanong iyon, kinasangkapan ka ng Banal na Espiritu, ngunit nang kasangkapanin ka Niya, ginamit Niya ang bahagi mo na maaaring gamitin para gumawa, at hindi Niya ginamit ang bahagi mo na hindi magagamit. Kung hinangad mong magbago, unti-unti kang magagawang perpekto habang kinakangkapan ka. Subalit walang tinatanggap na responsibilidad ang Banal na Espiritu kung makakamit ka o hindi sa huli, at depende ito sa pamamaraan ng iyong paghahangad. Kung walang mga pagbabago sa iyong personal na disposisyon, iyan ay dahil mali ang iyong pananaw tungo sa paghahangad. Kung hindi ka gantimpalaan, sarili mo nang problemaiyan, at dahil hindi mo mismo naisagawa ang katotohanan at hindi mo matupad ang naisin ng Diyos. Kaya nga, wala nang mas mahalaga pa kaysa sa personal mong mga karanasan, at walang mas mahalaga kaysa sa personal mong pagpasok! Sa huli ay sasabihin ng ilang tao, “Napakarami kong nagawang gawain para sa Iyo, at bagama’t maaaring wala akong nagawang naging tanyag, naging masigasig pa rin ako sa aking mga pagsisikap. Hindi Mo ba ako maaaring papasukin na lamang sa langit para kainin ang bunga ng buhay?” Kailangan mong malaman kung anong uri ng mga tao ang Aking nais; yaong mga hindi dalisay ay hindi pinapayagang makapasok sa kaharian, yaong mga hindi dalisay ay hindi pinahihintulutang dungisan ang banal na lupain. Bagama’t maaaring marami kang nagawang gawain, at gumawa ka sa loob ng maraming taon, sa huli kung kalunus-lunos pa rin ang iyong karumihan, hindi katanggap-tanggap sa batas ng Langit na nais mong pumasok sa Aking kaharian! Mula sa pundasyon ng mundo hanggang ngayon, hindi Ako kailanman nakapag-alok ng madaling daan patungo sa Aking kaharian para sa mga sumisipsip sa Akin. Ito ay isang panuntunan sa langit, at walang sinumang makasusuway rito! Kailangan mong hangarin ang buhay. Ngayon, yaong mga gagawing perpekto ay kauri ni Pedro: Sila yaong mga naghahangad ng mga pagbabago sa kanilang sariling disposisyon, at handang magpatotoo sa Diyos at gampanan ang kanilang tungkulin bilang nilalang ng Diyos. Ang ganitong mga tao lamang ang gagawing perpekto. Kung umaasa ka lang sa mga gantimpala, at hindi mo hinahangad na baguhin ang iyong sariling disposisyon sa buhay, lahat ng iyong pagsisikap ay mawawalan ng saysay—at ito ay isang katotohanang hindi mababago!

Mula sa pagkakaiba sa mga kakanyahan nina Pedro at Pablo dapat mong maunawaan na lahat ng hindi naghahangad ng buhay ay gumagawa nang walang saysay! Naniniwala ka sa Diyos at sumusunod sa Kanya, kaya nga sa puso mo ay kailangan mong mahalin

ang Diyos. Kailangan mong isantabi ang iyong tiwaling disposisyon, kailangan mong hangaring matupad ang naisin ng Diyos, at kailangan mong gampanan ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos. Dahil naniniwala at sumusunod ka sa Diyos, dapat mong ialay ang lahat sa Kanya, at hindi ka dapat gumawa ng mga personal na pagpili o paghingi, at dapat mong makamit ang katuparan ng naisin ng Diyos. Dahil ikaw ay nilikha, dapat mong sundin ang Panginoong lumikha sa iyo, sapagkat ikaw ay likas na walang kapamahalaan sa iyong sarili, at walang kakayahang kontrolin ang sarili mong tadhana. Dahil isa kang taong naniniwala sa Diyos, dapat kang maghangad ng kabanalan at pagbabago. Dahil ikaw ay isang nilalang ng Diyos, dapat kang sumunod sa iyong tungkulin, at manatili sa iyong lugar, at huwag kang lumampas sa iyong tungkulin. Ito ay hindi upang pigilan ka, o supilin ka sa pamamagitan ng doktrina, kundi sa halip ay ang landas na makakatulong upang magampanan mo ang iyong tungkulin, at makamit ito—at dapat makamit—ng lahat ng gumagawa ng katuwiran. Kung pagkukumparahin mo ang mga kakanyahan nina Pedro at Pablo, malalaman mo kung paano ka dapat maghangad. Sa mga landas na tinahak nina Pedro at Pablo, ang isa ay ang landas para magawang perpekto, at ang isa pa ay ang landas ng pag-aalis; sina Pedro at Pablo ay kumakatawan sa dalawang magkaibang landas. Bagama't bawat isa ay tumanggap ng gawain ng Banal na Espiritu, at bawat isa ay nagtamo ng kaliwanagan at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu, at bawat isa ay tinanggap yaong naipagkatiwala sa kanila ng Panginoong Jesus, hindi pareho ang naging bunga sa bawat isa: Ang isa ay totoong nagbunga, at ang isa pa ay hindi. Mula sa kanilang mga kakanyahan, sa gawaing kanilang ginawa, yaong ipinahayag nila nang tahasan, at sa kanilang naging katapusan, dapat mong maunawaan kung aling landas ang dapat mong tahakin, aling landas ang dapat mong piliing lakaran. Nilakaran nila ang dalawang malinaw na magkaibang landas. Sina Pablo at Pedro, sila ang perpektong halimbawa ng bawat landas, kaya nga mula pa sa simula ay itinalaga na sila upang sumagisag sa dalawang landas na ito. Ano ang mahahalagang punto ng mga karanasan ni Pablo, at bakit hindi siya nagtagumpay? Ano ang mahahalagang punto ng mga karanasan ni Pedro, at paano niya naranasan ang magawang perpekto? Kung pagkukumparahin mo kung ano ang pinahalagahan ng bawat isa sa kanila, malalaman mo kung anong klaseng tao talaga ang nais ng Diyos, ano ang kalooban ng Diyos, ano ang disposisyon ng Diyos, anong klaseng tao ang gagawing perpekto sa huli, at anong klaseng tao rin ang hindi gagawing perpekto; malalaman mo kung ano ang disposisyon ng mga gagawing perpekto, at ano ang disposisyon ng mga hindi gagawing perpekto—ang mga isyung ito ng kakanyahan ay makikita sa mga karanasan nina Pedro at Pablo. Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay, kaya nga ginagawa Niyang sumailalim ang lahat ng nilikha sa Kanyang kapamahalaan at magpasakop sa Kanyang kapamahalaan; uutusan Niya ang lahat ng bagay, para lahat ng bagay ay nasa Kanyang mga kamay. Lahat ng nilikha ng Diyos, pati na ang mga hayop, halaman, sangkatauhan, kabundukan at mga ilog, at mga lawa—lahat ay kailangang sumailalim sa Kanyang kapamahalaan. Lahat ng bagay sa kalangitan at sa lupa ay kailangang

sumailalim sa Kanyang kapamahalaan. Hindi sila maaaring magkaroon ng anumang pagpipilian at kailangang magpasakop ang lahat sa Kanyang mga pagsasaayos. Ito ay iniutos ng Diyos, at ito ang awtoridad ng Diyos. Inuutusan ng Diyos ang lahat, at inaayos at inihahanay ang lahat ng bagay, na bawat isa ay nakabukod ayon sa uri, at pinaglaanan ng sarili nilang posisyon, ayon sa kalooban ng Diyos. Gaano man iyon kalaki, walang anumang bagay ang makakahigit sa Diyos, lahat ng bagay ay nagsisilbi sa sangkatauhang nilikha ng Diyos, at walang anumang bagay ang nangangahas na sumuway sa Diyos o humingi ng anuman sa Diyos. Kaya ang tao, bilang isang nilalang ng Diyos, ay kailangan ding gampanan ang tungkulin ng tao. Siya man ang panginoon o tagapag-alaga ng lahat ng bagay, gaano man kataas ang katayuan ng tao sa lahat ng bagay, maliit na tao pa rin siya sa ilalim ng kapamahalaan ng Diyos, at isang tao lamang na walang kabuluhan, isang nilalang ng Diyos, at hindi mangingibabaw sa Diyos kailanman. Bilang isang nilalang ng Diyos, dapat hangaring gampanan ng tao ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos, at hangaring mahalin ang Diyos nang hindi pumipili ng iba pa, sapagkat ang Diyos ay karapat-dapat sa pagmamahal ng tao. Yaong mga naghahangad na mahalin ang Diyos ay hindi dapat maghangad ng anumang personal na mga pakinabang o hangarin yaong personal nilang inaasam; ito ang pinakatamang paraan ng paghahangad. Kung hinahangad mo ang katotohanan, kung isinasagawa mo ang katotohanan, at kung nagtatamo ka ng pagbabago sa iyong disposisyon, tama ang landas na iyong tinatahak. Kung hinahangad mo ang mga pagpapala ng laman, at isinasagawa mo ang katotohanan ng sarili mong mga kuru-kuro, at kung walang pagbabago sa iyong disposisyon, at hindi ka masunurin kailanman sa Diyos na nasa katawang-tao, at nabubuhay ka pa rin sa kalabuan, siguradong dadalhin ka sa impiyerno ng iyong hinahangad, sapagkat ang landas na iyong tinatahak ay ang landas ng kabiguan. Kung gagawin kang perpekto o aalisin ay depende sa iyong sariling paghahangad, na ibig ding sabihin ay ang tagumpay o kabiguan ay depende sa landas na tinatahak ng tao.

Gawain ng Diyos at Gawain ng Tao

Gaano karami sa gawain ng tao ang gawain ng Banal na Espiritu at gaano karami ang karanasan ng tao? Masasabi na hindi pa rin nauunawaan ng mga tao ang mga tanong na ito, at iyan ay dahil hindi nauunawaan ng mga tao ang mga prinsipyo ng gawain ng Banal na Espiritu. Kapag sinabi Kong “gawain ng tao,” ang tinutukoy Ko, mangyari pa, ay ang gawain ng mga nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu o ng mga kinakasangkapan ng Banal na Espiritu. Hindi Ko tinutukoy ang gawaing nagmumula sa kalooban ng tao, kundi sa gawain ng mga apostol, manggagawa, o karaniwang mga kapatid na nasa saklaw ng gawain ng Banal na Espiritu. Dito, “ang gawain ng tao” ay hindi tumutukoy sa gawain ng Diyos na nagkatawang-tao, kundi sa saklaw at mga prinsipyo ng gawaing isinasagawa ng Banal na Espiritu sa mga tao. Habang ang mga

prinsipyong ito ay ang mga prinsipyo at saklaw ng gawain ng Banal na Espiritu, hindi ito kapareho ng mga prinsipyo at saklaw ng gawain ng Diyos na nagkatawang-tao. Ang gawain ng tao ay may diwa at mga prinsipyo ng tao, at ang gawain ng Diyos ay may diwa at mga prinsipyo ng Diyos.

Ang gawaing nasa daloy ng Banal na Espiritu, sariling gawain man ng Diyos o gawain ng mga taong kinakasangkapan, ay ang gawain ng Banal na Espiritu. Ang diwa ng Diyos Mismo ay ang Espiritu, na matatawag na Banal na Espiritu o ang Espiritung pinatindi nang pitong ulit. Sa kabuuan, Sila ang Espiritu ng Diyos, bagama't tinawag na ang Espiritu ng Diyos sa iba-ibang katawagan sa iba't ibang kapanahunan. Iisa pa rin ang Kanilang diwa. Samakatuwid, ang gawain ng Diyos Mismo ay ang gawain ng Banal na Espiritu, habang ang gawain ng Diyos na nagkatawang-tao ay walang iba kundi ang Banal na Espiritu na gumagawa. Ang gawain ng mga taong kinakasangkapan ay ang gawain din ng Banal na Espiritu. Subalit ang gawain ng Diyos ang ganap na pagpapahayag ng Banal na Espiritu, na talagang totoo, samantalang ang gawain ng mga taong kinakasangkapan ay may kahalang maraming bagay ng tao, at hindi ito ang tuwirang pagpapahayag ng Banal na Espiritu, lalong hindi ang Kanyang ganap na pagpapahayag. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay iba-iba at hindi limitado ng anumang mga kundisyon. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay nag-iiba-iba sa iba't ibang tao; nagpapakita ito ng iba't ibang diwa, at nagkakaiba-iba ayon sa kapanahunan, gayundin ayon sa bansa. Mangyari pa, bagama't gumagawa ang Banal na Espiritu sa maraming iba't ibang paraan at ayon sa maraming prinsipyo, paano man ginagawa ang gawain o sa anumang klase ng mga tao, palaging iba ang diwa nito; lahat ng gawaing ginagawa sa iba't ibang tao ay may mga prinsipyo, at lahat ng iyon ay maaaring kumatawan sa diwa ng mga taong pinag-uukulan nito. Ito ay dahil ang gawain ng Banal na Espiritu ay medyo partikular ang saklaw at medyo sukat. Ang gawaing ginagawa sa nagkatawang-taong laman ay hindi kapareho ng gawaing isinasagawa sa mga tao, at nag-iiba-iba rin ang gawain ayon sa kakayahan ng mga taong ginagawan nito. Ang gawaing ginagawa sa nagkatawang-taong laman ay hindi ginagawa sa mga tao, at hindi ito kapareho ng gawaing ginagawa sa mga tao. Sa madaling salita, paano man ito ginagawa, ang gawaing isinasagawa sa iba't ibang taong pinag-uukulan nito ay hindi kailanman parepareho, at ang mga prinsipyong pinagbabatayan ng Kanyang paggawa ay naiiba alinsunod sa mga kalagayan at likas na pagkatao ng iba't ibang tao kung kanino Siya gumagawa. Ang Banal na Espiritu ay gumagawa sa iba't ibang tao batay sa kanilang likas na diwa at walang hinihiling na anuman sa kanila na lampas pa sa diwang iyon, ni hindi Siya gumagawa sa kanila na lampas pa sa kanilang likas na kakayahan. Kaya, ang gawain ng Banal na Espiritu sa tao ay tinutulutan ang mga tao na makita ang diwa ng taong pinag-uukulan ng gawaing iyon. Hindi nagbabago ang likas na diwa ng tao; limitado ang kanyang likas na kakayahan. Kinakasangkapan ng Banal na Espiritu ang mga tao o gumagawa sa kanila alinsunod sa mga limitasyon ng kanilang kakayahan, upang makinabang sila mula rito. Kapag gumagawa ang Banal na Espiritu sa mga taong

kinakasangkapan, lumalabas, hindi pinipigil, ang mga talento at likas na kakayahan ng mga taong iyon. Ang kanilang likas na kakayahan ay ibinubuhos sa paglilingkod sa gawain. Masasabi na kinakasangkapan Niya ang mga bahagi ng mga taong maaaring kasangkapanin sa Kanyang gawain, upang makamtan ang mga resulta sa gawaing iyon. Sa kabilang dako, ang gawaing isinasagawa sa nagkatawang-taong laman ay direktang ipinapahayag ang gawain ng Espiritu at hindi nahaluan ng isipan at mga saloobin ng tao; hindi ito kayang abutin ng mga kaloob ng tao, ni ng karanasan ng tao, ni ng likas na kundisyon ng tao. Ang layunin ng lahat ng napakaraming gawain ng Banal na Espiritu ay para makinabang at maturuan ang tao. Gayunman, maaaring gawing perpekto ang ilang tao habang ang iba ay walang taglay na mga kundisyon para maperpekto, na ibig sabihin ay hindi sila magagawang perpekto at halos hindi maliligtas, at kahit maaaring nagkaroon na sila ng gawain ng Banal na Espiritu, sa huli ay aalisin sila. Ibig sabihin ay kahit ang gawain ng Banal na Espiritu ay upang maturuan ang mga tao, hindi masasabi ng isang tao na lahat ng nagkaroon na ng gawain ng Banal na Espiritu ay ganap na gagawing perpekto, dahil ang landas na tinatahak ng maraming tao ay hindi ang landas tungo sa pagiging perpekto. Mayroon lamang silang gawain ng Banal na Espiritu, hindi ang pansariling pakikipagtulungan ni ang tamang pagsusumikap ng tao. Sa gayon, ang gawain ng Banal na Espiritu sa mga taong ito ay naglilingkod sa mga ginagawang perpekto. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay hindi direktang makikita ng mga tao, ni hindi direktang mahahawakan ng mga tao mismo. Maipapahayag lamang ito ng mga pinagkalooban ng gawain, na ibig sabihin ay na ang gawain ng Banal na Espiritu ay ipinagkakaloob sa mga tagasunod sa pamamagitan ng mga pagpapahayag na ginagawa ng mga tao.

Ang gawain ng Banal na Espiritu ay isinasakatuparan at tinatapos sa pamamagitan ng maraming uri ng mga tao at maraming iba't ibang kalagayan. Kahit ang gawain ng Diyos na nagkatawang-tao ay maaaring kumatawan sa gawain ng isang buong kapanahunan, at maaaring kumatawan sa pagpasok ng mga tao sa isang buong kapanahunan, ang gawain sa mga detalye ng pagpasok ng mga tao ay kailangan pa ring gawin ng mga taong kinakasangkapan ng Banal na Espiritu, hindi ng Diyos na nagkatawang-tao. Kaya, ang gawain ng Diyos, o ang sariling ministeryo ng Diyos, ay ang gawain ng nagkatawang-taong laman ng Diyos, na hindi magagawa ng tao para sa Kanya. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay tinatapos sa pamamagitan ng maraming iba't ibang uri ng mga tao; walang iisang taong makakagawa nito nang buo, at walang iisang taong makapagpapahayag nito nang lubusan. Yaong mga namumuno sa mga iglesia ay hindi rin maaaring kumatawan nang lubusan sa gawain ng Banal na Espiritu; maaari lamang silang gumawa ng ilang gawain ng pamumuno. Sa gayon ay maaaring hatiin ang gawain ng Banal na Espiritu sa tatlong bahagi: Ang sariling gawain ng Diyos, ang gawain ng mga taong kinakasangkapan, at ang gawain sa lahat ng nasa daloy ng Banal na Espiritu. Ang sariling gawain ng Diyos ay ang mamuno sa buong kapanahunan; ang gawain ng mga kinakasangkapan, na isinugo o tumanggap ng mga tagubilin nang matapos ng Diyos ang Kanyang gawain, ay

mamuno sa lahat ng tagasunod ng Diyos, at sila ang mga taong nakikipagtulungan sa gawain ng Diyos; ang gawaing ginagawa ng Banal na Espiritu sa mga nasa daloy ay ang panatilihin ang lahat ng Kanyang sariling gawain, ibig sabihin, ang panatilihin ang Kanyang buong pamamahala at Kanyang patotoo, habang ginagawang perpekto kaagad yaong mga magagawang perpekto. Magkakasama, ang tatlong bahaging ito ang buong gawain ng Banal na Espiritu, ngunit kung wala ang gawain ng Diyos Mismo, ang gawaing pamamahala ay hindi makakasulong sa kabuuan nito. Ang gawain ng Diyos Mismo ay kinapapalooban ng gawain ng buong sangkatauhan, at kumakatawan din sa gawain ng buong kapanahunan, na ibig sabihin ay na ang sariling gawain ng Diyos ay kumakatawan sa bawat galaw at kalakaran ng gawain ng Banal na Espiritu, samantalang dumarating ang gawain ng mga apostol matapos ang sariling gawain ng Diyos at kasunod nito, at hindi ito ang namumuno sa kapanahunan, ni kumakatawan sa mga kalakaran ng gawain ng Banal na Espiritu sa isang buong kapanahunan. Ginagawa lamang nila ang gawaing kailangang gawin ng tao, na walang anumang kinalaman sa gawaing pamamahala. Ang gawaing isinakatuparan ng Diyos Mismo ay isang proyektong napapaloob sa gawaing pamamahala. Ang gawain ng tao ay tungkulin lamang na ginagampanan ng mga taong kinakasangkapan, at hindi ito nauugnay sa gawaing pamamahala. Sa kabila ng katotohanan na parehong gawain ng Banal na Espiritu ang mga ito, dahil sa mga pagkakaiba sa mga pagkakakilanlan at pagkakatawan ng gawain, may malinaw at makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng sariling gawain ng Diyos at gawain ng tao. Bukod dito, ang lawak ng gawaing ginagawa ng Banal na Espiritu ay magkakaiba sa mga taong pinag-uukulan nito na may iba't ibang pagkakakilanlan. Ito ang mga prinsipyo at saklaw ng gawain ng Banal na Espiritu.

Ang gawain ng tao ay nagpapahiwatig ng kanyang karanasan at kanyang pagkatao. Ang ibinibigay at ang gawain ng tao ay kumakatawan sa kanya. Ang kabatiran, pangangatwiran, lohika, at mayamang imahinasyon ng tao ay kasamang lahat sa kanyang gawain. Ang karanasan ng tao ay mas naipapahiwatig ang kanyang gawain, at ang mga karanasan ng isang tao ay nagiging mga bahagi ng kanyang gawain. Ang gawain ng tao ay maaaring magpahayag ng kanyang karanasan. Kapag negatibo ang karanasan ng ilang tao, karamihan sa pananalita ng kanilang pagbabahagi ay binubuo ng mga negatibong elemento. Kung positibo ang kanilang karanasan sa loob ng ilang panahon at lalo silang may isang landas sa positibong aspeto, lubhang nakakasigla ang kanilang ibinabahagi, at maaaring magtamo ng positibong mga panustos ang mga tao mula sa kanila. Kung ang isang manggagawa ay nagiging negatibo sa loob ng ilang panahon, laging magdadala ng negatibong mga elemento ang kanyang pagbabahagi. Nakakalungkot ang ganitong uri ng pagbabahagi, at hindi sinasadyang nalulumbay ang iba pagkatapos niyang magbahagi. Nagbabago ang kalagayan ng mga tagasunod batay sa kalagayan ng pinuno. Anuman ang nasa kalooban ng manggagawa, iyon ang kanyang ipinapahayag, at kadalasan ay nagbabago ang gawain ng Banal na Espiritu ayon sa kalagayan ng tao. Siya ay gumagawa ayon sa karanasan ng mga tao at hindi Niya sila pinipilit, ngunit

humihingi Siya sa mga tao ayon sa normal na takbo ng kanilang karanasan. Ang ibig sabihin nito ay na ang pagbabahagi ng tao ay naiiba sa salita ng Diyos. Ipinararating ng ibinabahagi ng tao ang kanilang indibidwal na mga kabatiran at karanasan, ipinapahayag ang kanilang mga kabatiran at karanasan batay sa gawain ng Diyos. Ang kanilang responsibilidad ay alamin, pagkatapos gumawa o magsalita ang Diyos, kung ano ang kailangan nilang isagawa o pasukin, at pagkatapos ay ihatid ito sa mga tagasunod. Samakatuwid, ang gawain ng tao ay kumakatawan sa kanyang pagpasok at pagsasagawa. Mangyari pa, ang ganitong gawain ay may kahalang mga aral at karanasan ng tao o ilang saloobin ng tao. Paano man gumagawa ang Banal na Espiritu, sa tao man o sa Diyos na nagkatawang-tao, laging ipinapahayag ng mga manggagawa kung ano sila. Kahit ang Banal na Espiritu ang gumagawa, ang gawain ay nakasalig sa kung ano ang likas sa tao, dahil hindi gumagawa ang Banal na Espiritu nang walang pundasyon. Sa madaling salita, ang gawain ay hindi nagmumula sa wala, kundi ginagawa nang naaayon sa aktwal na mga pangyayari at tunay na mga kundisyon. Sa ganitong paraan lamang mababago ang disposisyon ng tao at ang kanyang dating mga kuru-kuro at dating saloobin. Ang ipinapahayag ng tao ay ang kanyang nakikita, nararanasan, at naiisip, at kaya itong abutin ng pag-iisip ng tao, kahit ito ay doktrina o mga kuru-kuro. Hindi malalampasan ng gawain ng tao ang saklaw ng karanasan ng tao, ni ng nakikita ng tao, ni ng kayang isipin o akalain ng tao, gaano man kalaki ang gawaing iyon. Lahat ng ipinapahayag ng Diyos ay kung ano Siya Mismo, at hindi ito kayang abutin ng tao—ibig sabihin, hindi ito kayang abutin ng pag-iisip ng tao. Ipinapahayag Niya ang Kanyang gawaing pamunuan ang buong sangkatauhan, at wala itong kaugnayan sa mga detalye ng karanasan ng tao, kundi sa halip ay may kinalaman ito sa Kanyang sariling pamamahala. Ang ipinapahayag ng tao ay ang kanyang karanasan, samantalang ang ipinapahayag ng Diyos ay ang Kanyang pagiging Diyos, na Kanyang likas na disposisyon, na hindi kayang abutin ng tao. Ang karanasan ng tao ay ang kanyang kabatiran at kaalamang nakamtan batay sa pagpapahayag ng Diyos ng Kanyang pagiging Diyos. Ang ganitong kabatiran at kaalaman ay tinatawag na pagkatao ng tao, at ang batayan ng pagpapahayag ng mga iyon ay ang likas na disposisyon at kakayahan ng tao—kaya nga tinatawag din ang mga iyon na pagkatao ng tao. Nagagawang ibahagi ng tao ang kanyang nararanasan at nakikita. Walang sinumang maaaring makapagbahagi ng anumang hindi pa nila naranasan, hindi pa nila nakita, o hindi kayang abutin ng kanilang pag-iisip, dahil ang mga bagay na iyon ay wala sa kanilang kalooban. Kung ang ipinapahayag ng tao ay hindi nagmumula sa kanyang karanasan, imahinasyon niya iyon o doktrina. Sa madaling salita, walang realidad sa kanyang mga salita. Kung hindi ka pa kailanman nakipag-ugnayan sa mga bagay ng lipunan, hindi mo magagawang ibahagi nang malinaw ang kumplikadong mga ugnayan ng lipunan. Kung wala kang pamilya, kapag nag-usap-usap ang ibang mga tao tungkol sa mga problema sa pamilya, hindi mo mauunawaan ang karamihan sa sinabi nila. Kaya, ang ibinabahagi ng tao at ang gawaing kanyang ginagawa ay kumakatawan sa kanyang kalooban. Kung ibinahagi ng sinuman ang kanyang

pagkaunawa tungkol sa pagkastigo at paghatol, ngunit wala kang karanasan doon, hindi ka mangangahas na tanggihan ang kanyang kaalaman, lalo nang hindi ka mangangahas na siyento-por-siyentong magtiwala roon. Ito ay dahil ang kanilang ibinabahagi ay isang bagay na hindi mo pa naranasan kailanman, isang bagay na hindi mo pa nalaman kailanman, at hindi iyon kayang isipin ng isip mo. Mula sa kanilang kaalaman, lahat ng matututuhan mo ay isang landas tungo sa pagdaan sa pagkastigo at paghatol sa hinaharap. Ngunit ang landas na ito ay maaaring maging isa lamang doktrinal na kaalaman; hindi ito makakapalit sa iyong sariling pagkaunawa, lalo na sa iyong karanasan. Marahil ay iniisip mo na ang sinasabi nila ay medyo tama, ngunit sa sarili mong karanasan, alam mo na hindi iyon praktikal sa maraming paraan. Marahil pakiramdam mo ay lubos na hindi praktikal ang ilan sa naririnig mo; nagkikimkim ka ng mga kuru-kuro tungkol doon sa oras na iyon, at bagama't tinatanggap mo iyon, nag-aatubili ka pa rin. Ngunit sa sarili mong karanasan, ang kaalamang pinagmulan ng iyong mga kuru-kuro ang nagiging paraan mo ng pagsasagawa, at habang lalo kang nagsasagawa, lalo mong nauunawaan ang tunay na halaga at kahulugan ng mga salitang iyong narinig. Matapos magkaroon ng sarili mong karanasan, maaari mo nang banggitin ang kaalamang dapat mong taglayin tungkol sa naranasan mo. Dagdag pa rito, maaari mo ring tukuyin ang pagkakaiba sa pagitan ng mga taong tunay at praktikal ang kaalaman at ng mga taong ang kaalaman ay batay sa doktrina at walang halaga. Kaya, naayon man sa katotohanan ang kaalamang sinasabi mo ay lubhang nakasalalay sa kung ikaw ay may praktikal na karanasan doon. Kapag may katotohanan sa iyong karanasan, magiging praktikal at mahalaga ang iyong kaalaman. Sa pamamagitan ng iyong karanasan, magtatamo ka rin ng paghiwatig at kabatiran, mapapalalim mo ang iyong kaalaman, at madaragdagan ang iyong karunungan at sentido kumon tungkol sa kung paano ka dapat kumilos. Ang kaalamang ipinapahayag ng mga taong walang taglay na katotohanan ay doktrina, gaano man iyon katayog. Ang ganitong uri ng tao ay maaaring napakatalino pagdating sa mga bagay na may kinalaman sa laman ngunit hindi matukoy ang mga kaibhan pagdating sa mga espirituwal na gawain. Iyan ay dahil ang gayong mga tao ay wala ni isang karanasan man lamang sa mga espirituwal na bagay. Sila ang mga taong hindi naliliwanagan sa mga espirituwal na gawain at hindi nauunawaan ang mga espirituwal na bagay. Anumang uri ng kaalaman ang ipahayag mo, basta't tungkol iyon sa iyong pagkatao, iyon ay iyong personal na karanasan, iyong tunay na kaalaman. Ang tinatalakay ng mga taong nagsasalita lamang ng doktrina—yaong mga taong walang taglay na katotohanan ni realidad—ay maaari ding tawaging kanilang pagkatao, dahil nakarating sila sa kanilang doktrina sa pamamagitan lamang ng malalim na pagninilay-nilay at ito ang bunga ng kanilang malalim na pagbubulay-bulay. Subalit ito ay doktrina lamang, walang iba kundi imahinasyon! Ang mga karanasan ng lahat ng uri ng mga tao ay kumakatawan sa mga bagay na nasa kanilang kalooban. Sinumang walang espirituwal na karanasan ay hindi maaaring magsalita tungkol sa kaalaman ng katotohanan, ni ng tamang kaalaman tungkol sa iba-ibang uri ng mga espirituwal na bagay. Ang ipinapahayag ng tao ay kung ano siya sa

kanyang kalooban—iyan ang tiyak. Kung nais ng isang tao na magkaroon ng kaalaman tungkol sa mga espirituwal na bagay at sa kaalaman tungkol sa katotohanan, kailangan siyang magkaroon ng tunay na karanasan. Kung hindi ka makapagsalita nang malinaw tungkol sa sentido kumon sa buhay ng tao, paano ka pa makapagsasalita tungkol sa mga espirituwal na bagay? Yaong mga maaaring mamuno sa mga iglesia, tustusan ng buhay ang mga tao, at maging mga apostol sa mga tao ay kailangang magkaroon ng aktwal na karanasan; kailangang magkaroon sila ng tamang pagkaunawa tungkol sa mga espirituwal na bagay at ng tamang pagpapahalaga at karanasan sa katotohanan. Ang gayong mga tao lamang ang nararapat maging mga manggagawa o apostol na namumuno sa mga iglesia. Kung hindi, maaari lamang silang sumunod bilang pinakamababa at hindi maaaring mamuno, lalong hindi sila maaaring maging mga apostol na nagagawang tustusan ng buhay ang mga tao. Iyan ay dahil ang tungkulin ng mga apostol ay hindi upang magparoo't parito o makipaglaban; iyan ay upang gawin ang gawain ng pagmiministeryo sa buhay at pamumuno sa iba sa pagbabago ng kanilang mga disposisyon. Yaong mga gumaganap sa tungkuling ito ay binigyan ng tagubiling bumalik ng mabigat na responsibilidad, na hindi kakayaning gawin ng kahit sino. Ang uring ito ng gawain ay maaari lamang gawin ng mga yaon na may kahulugan ang buhay, ibig sabihin, yaong mga may karanasan sa katotohanan. Hindi ito maaaring gawin ng kahit sino na maaaring magbitiw, magparoo't parito, o handang gugulin ang kanilang sarili; ang mga taong walang karanasan sa katotohanan, na hindi pa natabasan o nahatulan, ay hindi nagagawa ang ganitong uri ng gawain. Ang mga taong walang karanasan, ang mga taong walang realidad, ay hindi nakikita nang malinaw ang realidad dahil sila mismo ay walang ganitong uri ng pagkatao. Kaya, ang ganitong uri ng tao ay hindi lamang hindi nagagawang gawin ang gawaing mamuno, kundi, kung mananatiling wala sa kanila ang katotohanan sa loob ng mahabang panahon, palalayasin sila. Ang kabatirang ipinapahayag mo ay maaaring magpatunay sa mga paghihirap na naranasan mo sa buhay, sa mga bagay kaya ka nakastigo, at sa mga isyu kaya ka nahatulan. Totoo rin ito sa mga pagsubok: Kung saan pinino ang isang tao, ay kung saan mahina ang isang tao—ito ang mga bagay kung saan may karanasan ang isang tao, kung saan may landas ang isang tao. Halimbawa, kung may isang taong nagdaranas ng mga kabiguan sa pagsasama nilang mag-asawa, madalas nilang ibabahagi, “Salamat sa Diyos, purihin ang Diyos, kailangan kong palugurin ang hangarin ng puso ng Diyos at ialay ang aking buong buhay, at kailangan kong ipaubaya nang lubusan ang pagsasama naming mag-asawa sa mga kamay ng Diyos. Handa akong ialay ang buong buhay ko sa Diyos.” Lahat ng bagay na nasa kalooban ng tao ay maaaring magpamalas kung ano siya sa pamamagitan ng pagbabahagi. Ang bilis ng pananalita ng isang tao, nagsasalita man siya nang malakas o tahimik—ang gayong mga bagay ay hindi mga bagay ng karanasan at hindi maaaring kumatawan sa kung ano ang mayroon sila at ano sila. Masasabi lamang ng mga bagay na ito kung ang katangian ng isang tao ay mabuti o masama, o kung mabuti o masama ang kanilang likas na pagkatao, ngunit hindi nito masasabi kung

may karanasan ang isang tao. Ang kakayahang ipahayag ang sarili kapag nagsasalita, o ang kasanayan o bilis ng pananalita, ay nakukuha lamang sa pagsasanay at hindi makakapalit sa karanasan ng isang tao. Kapag bumabanggit ka tungkol sa iyong indibiduwal na mga karanasan, ibinabahagi mo ang para sa iyo ay mahalaga at lahat ng bagay na nasa iyong kalooban. Ang Aking pananalita ay kumakatawan sa Aking pagkatao, ngunit ang Aking sinasabi ay hindi kayang abutin ng tao. Ang Aking sinasabi ay hindi yaong nararanasan ng tao, at hindi iyon isang bagay na makikita ng tao; hindi rin iyon isang bagay na mahahawakan ng tao, kundi kung ano Ako. Kinikilala lamang ng ilang tao na ang Aking ibinabahagi ay ang Aking nararanasan, ngunit hindi nila kinikilala na iyon ang tuwirang pagpapahayag ng Espiritu. Mangyari pa, ang Aking sinasabi ay ang Aking nararanasan. Ako ang siyang nakagawa ng gawaing pamamahala sa loob ng anim na libong taon. Nararanasan Ko ang lahat mula sa simula ng paglikha sa sangkatauhan hanggang ngayon; paanong hindi Ko iyon magagawang talakayin? Pagdating sa likas na pagkatao ng tao, nakita Ko na nang malinaw; matagal Ko na itong napagmasdan. Paanong hindi Ko iyon magagawang banggitin nang malinaw? Dahil nakita Ko na nang malinaw ang pinakadiwa ng tao, kwalipikado Akong kastiguhin ang tao at hatulan siya, dahil lahat ng tao ay nagmula sa Akin ngunit nagawang tiwali ni Satanas. Mangyari pa, kwalipikado rin Akong suriin ang gawaing Aking nagawa. Bagama't ang gawaing ito ay hindi ginagawa ng Aking katawang-tao, ito ang tuwirang pagpapahayag ng Espiritu, at ito ang kung ano ang mayroon Ako at ano Ako. Samakatuwid, kwalipikado Akong ipahayag ito at gawin ang gawaing kailangan Kong gawin. Ang sinasabi ng mga tao ay ang nararanasan nila. Iyon ang nakita nila, ang naaabot ng kanilang isipan, at ang nadarama ng kanilang mga pandama. Iyon ang maaari nilang ibahagi. Ang mga salitang sinambit ng nagkatawang-taong laman ng Diyos ay ang tuwirang pagpapahayag ng Espiritu at nagpapahayag ng gawaing nagawa ng Espiritu, na hindi pa nararanasan o nakita ng katawang-tao, subalit ipinapahayag pa rin Niya ang Kanyang pagkatao, sapagkat ang diwa ng katawang-tao ay ang Espiritu, at ipinapahayag Niya ang gawain ng Espiritu. Gawain iyon na nagawa na ng Espiritu, bagama't hindi iyon maabot ng katawang-tao. Matapos ang pagkakatawang-tao, sa pamamagitan ng pagpapahayag ng katawang-tao, binibigyan Niya ng kakayahan ang mga tao na malaman ang pagiging Diyos ng Diyos at tinutulutan ang mga tao na makita ang disposisyon ng Diyos at ang gawaing Kanyang nagawa. Ang gawain ng tao ay nagbibigay sa mga tao ng higit na kalinawan kung ano ang dapat nilang pasukin at kung ano ang dapat nilang maunawaan; kinapapalooban ito ng pag-akay sa mga tao tungo sa pag-unawa at pagdanas ng katotohanan. Ang gawain ng tao ay alalayan ang mga tao; ang gawain ng Diyos ay ang magbukas ng mga bagong landas at mga bagong kapanahunan para sa sangkatauhan, at ibunyag sa mga tao yaong hindi alam ng mga mortal, na nagbibigay-kakayahan sa kanila na malaman ang Kanyang disposisyon. Ang gawain ng Diyos ay pamunuan ang buong sangkatauhan.

Lahat ng gawain ng Banal na Espiritu ay isinasagawa upang makinabang ang

mga tao. Tungkol lahat iyon sa paghubog sa mga tao; walang gawain na hindi kapaki-pakinabang sa mga tao. Malalim man o mababaw ang katotohanan, at kahit gaano man ang kakayahan ng mga tumatanggap sa katotohanan, anuman ang ginagawa ng Banal na Espiritu, kapaki-pakinabang iyon sa mga tao. Ngunit ang gawain ng Banal na Espiritu ay hindi maaaring gawin nang tuwiran; kailangan itong ipahayag sa pamamagitan ng mga taong nakikipagtulungan sa Kanya. Doon lamang matatamo ang mga resulta ng gawain ng Banal na Espiritu. Mangyari pa, kapag tuwirang gumagawa ang Banal na Espiritu, wala man lamang iyong bahid-dungis; ngunit kapag gumagawa ang Banal na Espiritu sa pamamagitan ng tao, labis iyong nadudungisan at hindi iyon ang orihinal na gawain ng Banal na Espiritu. Dahil dito, nagbabago ang katotohanan sa magkakaibang antas. Hindi natatanggap ng mga tagasunod ang orihinal na layunin ng Banal na Espiritu kundi ang pinagsamang gawain ng Banal na Espiritu at ng karanasan at kaalaman ng tao. Ang bahaging natatanggap ng mga tagasunod na gawain ng Banal na Espiritu ay tama, samantalang ang karanasan at kaalaman ng tao na natatanggap nila ay iba-iba dahil magkakaiba ang mga manggagawa. Ang mga manggagawang may kaliwanagan at patnubay ng Banal na Espiritu ay patuloy na magkakaroon ng mga karanasan batay sa kaliwanagan at patnubay na ito. Nakapaloob sa mga karanasang ito ang magkasamang isipan at karanasan ng tao, pati na ang pagkatao ng tao, at pagkatapos, natatamo nila ang kaalaman o kabatirang dapat ay mayroon sila. Ito ang paraan ng pagsasagawa ng tao matapos maranasan ang katotohanan. Ang paraang ito ng pagsasagawa ay hindi palaging magkakapareho, dahil magkakaiba ang pagdanas ng mga tao at iba-iba ang mga bagay na nararanasan ng mga tao. Sa ganitong paraan, ang parehong kaliwanagan ng Banal na Espiritu ay nagbubunga ng iba't ibang kaalaman at pagsasagawa, dahil magkakaiba ang mga taong tumatanggap ng kaliwanagan. Ang ilang tao ay nakakagawa ng maliliit na pagkakamali habang nagsasagawa habang ang ilan naman ay nakakagawa ng malalaking pagkakamali, at ang ilan ay puro mali ang ginagawa. Ito ay dahil magkakaiba ang kakayahang makaunawa ng mga tao at dahil magkakaiba rin ang kanilang likas na mga kakayahan. Ang ilang tao ay may isang uri ng pagkaunawa matapos marinig ang isang mensahe, at ang ilang tao naman ay may ibang pagkaunawa matapos marinig ang isang katotohanan. Lumilihis nang bahagya ang ilang tao, samantalang ni hindi man lamang nauunawaan ng ilan ang tunay na kahulugan ng katotohanan. Samakatuwid, idinidikta ng pang-unawa ng isang tao kung paano niya pamumunuan ang iba; totoo talaga ito, dahil ang gawain ng isang tao ay isang pagpapahayag lamang ng kanyang pagkatao. Ang mga taong pinamumunuan ng mga may tamang pagkaunawa sa katotohanan ay magkakaroon din ng tamang pagkaunawa sa katotohanan. Kahit may mga taong nagkakamali sa kanilang pagkaunawa, kakaunti lamang sila, at hindi lahat ay magkakaroon ng mga kamalian. Kung may mga kamalian ang isang tao sa kanyang pagkaunawa sa katotohanan, siguradong magkakamali rin ang mga sumusunod sa kanya, at ang mga taong ito ay magkakamali sa lahat ng posibleng paraan. Ang antas ng pagkaunawa ng mga tagasunod sa katotohanan ay lubos na nakasalalay sa mga

manggagawa. Mangyari pa, ang katotohanan mula sa Diyos ay tama at walang mali, at talagang tiyak. Gayunman, hindi lubos na tama ang mga manggagawa at hindi masasabi na lubos silang maaasahan. Kung ang mga manggagawa ay may napakapraktikal na paraan sa pagsasagawa ng katotohanan, magkakaroon din ang mga tagasunod ng isang paraan ng pagsasagawa. Kung walang paraan ang mga manggagawa para isagawa ang katotohanan kundi mayroon lamang silang doktrina, hindi magkakaroon ng anumang realidad ang mga tagasunod. Ang kakayahan at likas na pagkatao ng mga tagasunod ay natutukoy sa pagsilang at walang kaugnayan sa mga manggagawa, ngunit ang abot ng pang-unawa ng mga tagasunod sa katotohanan at pagkilala sa Diyos ay nakasalalay sa mga manggagawa (ganito lamang ito para sa ilang tao). Anuman ang isang manggagawa, magkakagayon din ang mga tagasunod na kanyang pinamumunuan. Ang ipinahahayag ng isang manggagawa ay ang kanyang sariling pagkatao, nang walang pasubali. Ang mga ipinagagawa niya sa mga sumusunod sa kanya ay yaong handa siya o kaya niyang gawin. Karamihan sa mga manggagawa ay ginagamit ang ginagawa nila mismo bilang batayan ng mga ipinagagawa nila sa kanilang mga tagasunod, kahit marami dito ang hindi man lamang magawa ng kanilang mga tagasunod—at yaong hindi magawa ng isang tao ay nagiging isang balakid sa kanyang pagpasok.

Mas kakaunti ang paglihis sa gawain ng mga nagdaan sa pagtatabas, pakikitungo, paghatol at pagkastigo, at ang pagpapahayag ng kanilang gawain ay mas lalong tumpak. Ang mga umaasa sa kanilang naturalesa sa gawain ay nakakagawa ng medyo malalaking pagkakamali. Ang gawain ng mga taong hindi nagawang perpekto ay labis na nagpapahayag ng kanilang naturalesa, na nagiging isang malaking balakid sa gawain ng Banal na Espiritu. Gaano man kagaling ang kakayahan ng isang tao, kailangan din silang magdaan sa pagtatabas, pakikitungo, at paghatol bago nila magawa ang gawain ng tagubilin ng Diyos. Kung hindi pa sila dumaan sa gayong paghatol, ang kanilang gawain, gaano man kahusay ginawa, ay hindi maaaring umayon sa mga prinsipyo ng katotohanan at palaging isang produkto ng kanilang sariling naturalesa at kabutihan bilang tao. Ang gawain ng mga nagdaan na sa pagtatabas, pakikitungo, at paghatol ay mas lalong tumpak kaysa sa gawain ng mga hindi pa natabasan, napakitunguhan, at nahatulan. Yaong mga hindi pa nagdaan sa paghatol ay walang ipinapahayag kundi ang laman at mga saloobin ng tao, na may kahalang maraming katalinuhan at likas na talento ng tao. Hindi ito ang tumpak na pagpapahayag ng tao sa gawain ng Diyos. Yaong mga sumusunod sa gayong mga tao ay inihaharap sa kanila ng kanilang likas na kakayahan. Dahil napakaraming ipinapahayag ng mga ito na kabatiran at karanasan ng tao, na halos walang kaugnayan sa orihinal na layunin ng Diyos at masyadong lihis dito, ang gawain ng ganitong uri ng tao ay hindi maaaring dalhin ang mga tao sa harap ng Diyos, kundi sa halip ay dinadala sila sa harap ng tao. Kaya, ang mga hindi pa dumaan sa paghatol at pagkastigo ay hindi karapat-dapat na magsagawa ng gawaing tagubilin ng Diyos. Ang gawain ng isang karapat-dapat na manggagawa ay maaaring dalhin ang mga tao sa tamang daan at pagkalooban sila ng mas malaking pagpasok sa katotohanan. Ang

kanyang gawain ay maaaring dalhin ang mga tao sa harap ng Diyos. Dagdag pa rito, ang gawaing kanyang ginagawa ay maaaring mag-iba-iba sa bawat indibiduwal at hindi nakatali sa mga tuntunin, na nagtutulot sa mga tao na magkaroon ng laya at kalayaan, at binibigyan sila ng kakayahan na unti-unting lumago sa buhay at magkaroon ng mas malalim na pagpasok sa katotohanan. Ang gawain ng isang manggagawang hindi karapat-dapat ay malayung-malayo. Ang kanyang gawain ay kalokohan. Maaari lamang niyang dalhin ang mga tao sa mga tuntunin, at ang hinihingi niya sa mga tao ay hindi nag-iiba-iba sa bawat indibiduwal; hindi siya gumagawa ayon sa aktuwal na mga pangangailangan ng mga tao. Sa ganitong uri ng gawain, napakaraming tuntunin at napakaraming doktrina, at hindi nito madadala ang mga tao sa realidad, ni sa normal na pagsasagawa ng paglago sa buhay. Maaari lamang nitong bigyang-kakayahan ang mga tao na sumunod sa ilang tuntunin na walang halaga. Ang gayong uri ng paggabay ay maaari lamang iligaw ng landas ang mga tao. Inaakay ka niya na maging katulad niya; madadala ka niya tungo sa kung ano ang mayroon siya at ano siya. Upang matalos ng mga tagasunod kung karapat-dapat ang mga pinuno, ang mahalaga ay tumingin sa landas na kanilang tinatahak at sa mga resulta ng kanilang gawain, at tingnan kung ang mga tagasunod ay tumatanggap ng mga prinsipyo alinsunod sa katotohanan, at kung tumatanggap sila ng mga paraan ng pagsasagawa na angkop sa kanilang pagbabago. Dapat mong makilala ang pagkakaiba sa pagitan ng naiibang gawain ng iba't ibang uri ng mga tao; hindi ka dapat maging hangal na tagasunod. May epekto ito sa pagpasok ng mga tao. Kung hindi mo magawang kilalanin kung aling pamunuan ng tao ang may landas at alin ang wala, madali kang malilinlang. Lahat ng ito ay may tuwirang epekto sa iyong sariling buhay. Napakaraming naturalesa sa gawain ng mga taong hindi nagawang perpekto; napakarami nitong kahalong kagustuhan ng tao. Ang kanilang pagkatao ay naturalesa—ang kanilang likas na pagkatao nang isilang. Hindi iyon buhay matapos mapakitunguhan o realidad matapos mabago. Paano masusuportahan ng gayong tao ang mga nagsisikap sa buhay? Ang buhay na orihinal na taglay ng tao ay ang kanyang likas na talino o talento. Ang ganitong uri ng talino o talento ay medyo malayo sa eksaktong mga hinihingi ng Diyos sa tao. Kung ang isang tao ay hindi pa nagawang perpekto at hindi pa natatabas o napapakitunguhan ang kanyang tiwaling disposisyon, magkakaroon ng malaking puwang sa pagitan ng kanyang ipinapahayag at ng katotohanan; ang kanyang ipinapahayag ay mahahaluan ng malalabong bagay, tulad ng kanyang imahinasyon at karanasan ng isang panig lamang. Bukod pa rito, paano man siya gumagawa, pakiramdam ng mga tao ay walang pangkalahatang layunin at walang katotohanang angkop para sa pagpasok ng lahat ng tao. Karamihan sa hinihingi sa mga tao ay hindi nila kayang gawin, na para bang mga pato sila na pinadadapo sa mga sanga. Ito ang gawain ng kagustuhan ng tao. Ang tiwaling disposisyon ng tao, kanyang mga saloobin, at kanyang mga kuru-kuro ay laganap sa lahat ng bahagi ng kanyang katawan. Ang tao ay hindi isinisilang na may likas na ugali na isagawa ang katotohanan, ni wala siyang likas na ugali na unawain nang tuwiran ang katotohanan.

Idagdag pa ryan ang tiwaling disposisyon ng tao—kapag gumagawa ang ganitong uri ng natural na tao, hindi ba ito nakakagambala? Ngunit ang isang taong nagawang perpekto ay may karanasan sa katotohanan na dapat maunawaan ng mga tao, at kaalaman tungkol sa kanilang mga tiwaling disposisyon, kaya nga ang malabo at ditotoong mga bagay sa kanyang gawain ay unti-unting nababawasan, nababawasan ang mga pagkahalo ng tao, at lalo pang napapalapit ang kanyang gawain at paglilingkod sa mga pamantayang kinakailangan ng Diyos. Sa gayon, nakapasok na ang kanyang gawain sa realidad ng katotohanan at naging makatotohanan na rin ang kanyang gawain. Ang mga saloobin sa isipan ng tao lalo na ay sagabal sa gawain ng Banal na Espiritu. Mayaman ang imahinasyon at makatwirang lohika ng tao, at nagkaroon na siya ng mahabang karanasan sa pangangasiwa sa mga kaganapan. Kung ang mga aspetong ito ng tao ay hindi dumaraan sa pagtatabas at pagwawasto, lahat ng ito ay mga balakid sa gawain. Samakatuwid, hindi maisasagawa ng gawain ng tao ang pinakamataas na antas ng katumpakan, lalo na ng gawain ng mga taong hindi nagawang perpekto.

Ang gawain ng tao ay nananatili sa loob ng isang saklaw at limitado ito. Magagawa lamang ng isang tao ang gawain ng isang tiyak na yugto at hindi magagawa ang gawain ng buong kapanahunan—kung hindi, pamumunuan niya ang mga tao sa gitna ng mga panuntunan. Ang gawain ng tao ay maaari lamang umangkop sa isang partikular na panahon o yugto. Ito ay dahil ang karanasan ng tao ay mayroong saklaw. Hindi maikukumpara ng isang tao ang gawain ng tao sa gawain ng Diyos. Ang mga paraan ng pagsasagawa ng tao at ang kanyang kaalaman tungkol sa katotohanan ay angkop lahat sa isang partikular na saklaw. Hindi mo masasabi na ang landas na tinatahak ng tao ay ganap na kalooban ng Banal na Espiritu, dahil maaari lamang liwanagan ng Banal na Espiritu ang tao, at hindi maaaring ganap na mapuspos ng Banal na Espiritu. Lahat ng bagay na maaaring maranasan ng tao ay nasa saklaw ng normal na pagkatao at hindi maaaring lumampas sa saklaw ng mga saloobin ng normal na isipan ng tao. Lahat ng makapagsasabuhay sa realidad ng katotohanan ay dumaranas sa loob ng saklaw na ito. Kapag nararanasan nila ang katotohanan, palagi itong isang karanasan sa normal na buhay ng tao na niliwanagan ng Banal na Espiritu; hindi ito isang paraan ng pagdanas na lihis mula sa normal na buhay ng tao. Nararanasan nila ang katotohanang niliwanagan ng Banal na Espiritu sa pundasyon ng kanilang pamumuhay bilang tao. Bukod pa rito, ang ganitong katotohanan ay iba-iba sa bawat tao, at ang lalim nito ay nauugnay sa kalagayan ng tao. Masasabi lamang ng isang tao na ang landas na kanilang tinatahak ay ang normal na buhay ng isang taong naghahanap sa katotohanan, at maaari itong tawaging landas na tinahak ng isang normal na tao na niliwanagan ng Banal na Espiritu. Hindi niya masasabi na ang landas na kanilang tinatahak ay ang landas na tinatahak ng Banal na Espiritu. Sa normal na karanasan ng tao, dahil hindi pare-pareho ang mga taong naghahanap, hindi rin pare-pareho ang gawain ng Banal na Espiritu. Dagdag pa rito, dahil hindi pare-pareho ang mga sitwasyong nararanasan ng mga tao at ang mga

saklaw ng kanilang karanasan, at dahil magkakahalo ang kanilang isipan at mga saloobin, halu-halo ang kanilang karanasan sa iba't ibang antas. Nauunawaan ng bawat tao ang katotohanan ayon sa kanilang iba't ibang indibiduwal na kundisyon. Ang pagkaunawa nila sa tunay na kahulugan ng katotohanan ay hindi ganap at iisa o ilang aspeto lamang nito. Ang saklaw ng katotohanang nararanasan ng tao ay nagkakaiba sa bawat tao ayon sa mga kundisyon ng bawat tao. Sa ganitong paraan, ang kaalaman tungkol sa iisang katotohanan, ayon sa ipinahayag ng iba't ibang tao, ay hindi parepareho. Ibig sabihin, ang karanasan ng tao ay laging may mga limitasyon at hindi maaaring lubos na kumatawan sa kalooban ng Banal na Espiritu, ni hindi mahihiwatigan ang gawain ng tao bilang gawain ng Diyos, kahit lubhang nakaayon ang ipinahayag ng tao sa kalooban ng Diyos, at kahit napakalapit ng karanasan ng tao sa pagpeperpektong isinasagawa ng Banal na Espiritu. Maaari lamang maging lingkod ng Diyos ang tao, na ginagawa ang gawaing ipinagkakatiwala sa kanya ng Diyos. Maaari lamang ipahayag ng tao ang kaalamang niliwanagan ng Banal na Espiritu at ang mga katotohanang natamo mula sa kanyang mga personal na karanasan. Ang tao ay hindi karapat-dapat at hindi tumutugon sa mga kundisyon upang maging daluyan ng Banal na Espiritu. Wala siyang karapatang magsabi na ang kanyang gawain ay gawain ng Diyos. Ang tao ay may mga prinsipyo ng tao sa paggawa, at lahat ng tao ay may iba't ibang karanasan at iba-iba ang mga kundisyon. Kasama sa gawain ng tao ang lahat ng karanasan niya sa ilalim ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Ang mga karanasang ito ay maaari lamang kumatawan sa katauhan ng tao at hindi kumakatawan sa katauhan ng Diyos o sa kalooban ng Banal na Espiritu. Samakatuwid, hindi masasabi na ang landas na tinatahak ng tao ay ang landas na tinahak ng Banal na Espiritu, dahil ang gawain ng tao ay hindi maaaring kumatawan sa gawain ng Diyos, at ang gawain ng tao at karanasan ng tao ay hindi ang ganap na kalooban ng Banal na Espiritu. Ang gawain ng tao ay madaling bumagsak sa mga panuntunan, at ang pamamaraan ng kanyang gawain ay madaling malimitahan ang saklaw, at hindi nagagawang akayin ang mga tao sa isang malayang daan. Karamihan sa mga tagasunod ay namumuhay sa loob ng isang limitadong saklaw, at ang paraan ng kanilang pagdanas ay limitado rin sa saklaw nito. Palaging limitado ang karanasan ng tao; ang pamamaraan ng kanyang gawain ay limitado rin sa iilang uri at hindi maikukumpara sa gawain ng Banal na Espiritu o sa gawain ng Diyos Mismo. Ito ay dahil ang karanasan ng tao, sa huli, ay limitado. Paano man gawin ng Diyos ang Kanyang gawain, hindi ito limitado ng mga panuntunan; paano man ito ginagawa, hindi ito limitado sa iisang pamamaraan. Walang anumang mga panuntunan sa gawain ng Diyos—lahat ng Kanyang gawain ay pinawalan at malaya. Gaano man karaming panahon ang ginugugol ng tao sa pagsunod sa Kanya, hindi niya mahahati sa maliliit na bahagi ang anumang mga batas na namamahala sa mga paraan ng paggawa ng Diyos. Bagama't may prinsipyo ang Kanyang gawain, lagi itong ginagawa sa mga bagong paraan at laging may mga bagong nangyayari, at hindi ito kayang abutin ng tao. Sa iisang panahon, maaaring may ilang iba't-ibang uri ng gawain at iba't ibang paraan ang Diyos

sa pamumuno sa mga tao, kaya laging may mga bagong pagpasok at pagbabago ang mga tao. Hindi mo mahihiwatigan ang mga batas ng Kanyang gawain dahil palagi Siyang gumagawa sa mga bagong paraan, at sa gayong paraan lamang hindi nalilimitahan ng mga panuntunan ang mga tagasunod ng Diyos. Ang gawain ng Diyos Mismo ay laging iniwasan ang mga kuru-kuro ng mga tao at sinasalungat ang mga ito. Yaon lamang mga sumusunod at humahabol sa Kanya nang may tapat na puso ang maaaring mabago ang kanilang mga disposisyon at magagawang mamuhay nang malaya, nang hindi sumasailalim sa anumang mga panuntunan o napipigilan ng anumang mga relihiyosong kuru-kuro. Ang gawain ng tao ay maraming hinihiling sa mga tao batay sa kanyang sariling karanasan at kung ano ang maaari niya mismong makamtan. Ang pamantayan ng ganitong mga kinakailangan ay limitado sa loob ng isang tiyak na saklaw, at napakalimitado rin ng mga pamamaraan ng pagsasagawa. Sa gayon ay hindi namamalayan ng mga tagasunod na namumuhay sila sa limitadong saklaw na ito; sa paglipas ng panahon, nagiging mga panuntunan at ritwal ang mga bagay na ito. Kung ang gawain ng isang panahon ay pinamunuan ng isang taong hindi pa dumaan sa personal na pagpeperpekto ng Diyos at hindi pa nakatanggap ng paghatol, lahat ng kanyang tagasunod ay magiging relihiyoso at eksperto sa paglaban sa Diyos. Samakatuwid, kung may isang karapat-dapat na pinuno, maaaring nagdaan na ang taong iyon sa paghatol at tumanggap na ng pagpeperpekto. Yaong mga hindi pa dumaan sa paghatol, kahit maaaring mayroon silang gawain ng Banal na Espiritu, ay malabo at hindi-totoong mga bagay lamang ang ipinapahayag. Sa paglipas ng panahon, aakayin nila ang mga tao tungo sa malabo at higit-sa-karaniwang mga panuntunan. Ang gawaing ginagampanan ng Diyos ay hindi umaayon sa laman ng tao. Hindi iyon naaayon sa mga saloobin ng tao, kundi sumasalungat sa mga kuru-kuro ng tao; hindi ito nabahiran ng malalabong kulay ng relihiyon. Ang mga resulta ng gawain ng Diyos ay hindi maisasagawa ng isang taong hindi Niya nagawang perpekto; hindi iyon kayang abutin ng pag-iisip ng tao.

Ang gawain sa isip ng tao ay napakadaling makamit ng tao. Ang mga pastor at pinuno sa relihiyosong mundo, halimbawa, ay umaasa sa kanilang mga kaloob at katungkulan upang gawin ang kanilang gawain. Ang mga taong sumusunod sa kanila sa loob ng mahabang panahon ay mahahawa sa kanilang mga kaloob at maiimpluwensyahan ng ilan sa kanilang katauhan. Nakatuon sila sa mga kaloob, kakayahan, at kaalaman ng mga tao, at nagbibigay-pansin sa higit-sa-karaniwang mga bagay at sa maraming malalim at di-makatotohanang doktrina (mangyari pa, ang malalalim na doktrinang ito ay hindi matatamo). Hindi sila nagtutuon sa mga pagbabago sa mga disposisyon ng mga tao, kundi sa halip ay sa pagsasanay sa mga tao na mangaral at gumawa, na nakakaragdag sa kaalaman ng mga tao at sa kanilang saganang mga relihiyosong doktrina. Hindi sila nagtutuon sa kung gaano nagbabago ang disposisyon ng mga tao ni kung gaano nauunawaan ng mga tao ang katotohanan. Hindi sila nagmamalasakit sa diwa ng mga tao, at lalo nang hindi nila sinusubukang alamin ang normal at abnormal na mga kalagayan ng mga tao. Hindi nila sinasalungat ang mga kuru-kuro ng mga tao, ni hindi nila ibinubunyag

ang kanilang mga kuru-kuro, lalong hindi nila tinatabasan ang mga tao sa kanilang mga kakulangan o mga katiwalian. Karamihan sa mga sumusunod sa kanila ay naglilingkod gamit ang kanilang mga kaloob, at ang tanging inilalabas nila ay mga relihiyosong kuru-kuro at mga teoryang teolohikal, na hindi makatotohanan at ganap na hindi nagbibigay-buhay sa mga tao. Sa katunayan, ang diwa ng kanilang gawain ay pangangalaga sa talento, pangangalaga sa isang tao na walang kahit ano tungo sa pagtatapos sa seminaryo na taglay ang maraming talento na paglaon ay humahayo upang gumawa at mamuno. May nahihiwatigan ka bang anumang mga batas sa anim na libong taon ng gawain ng Diyos? Maraming panuntunan at pagbabawal sa gawaing ginagawa ng tao, at masyadong dogmatiko ang utak ng tao. Sa gayon, ang ipinapahayag ng tao ay kaalaman at pagkatanto na nasa loob ng saklaw ng kanyang mga karanasan. Hindi magawang ipahayag ng tao ang anuman bukod dito. Ang mga karanasan at kaalaman ng tao ay hindi nanggagaling sa kanyang likas na mga kaloob o kanyang likas na ugali; lumalabas ang mga ito dahil sa patnubay at tuwirang pag-akay ng Diyos. Mayroon lamang kakayahan ang tao na tanggapin ang pag-akay na ito at walang kakayahan na maaaring tuwirang ipahayag kung ano ang pagka-Diyos. Hindi kaya ng tao na maging bukal; maaari lamang siyang maging isang sisidlan na tumatanggap ng tubig mula sa bukal. Ito ang likas na ugali ng tao, ang kakayahang dapat taglayin ng isang tao bilang tao. Kung mawala sa isang tao ang kakayahang tumatanggap sa salita ng Diyos at mawala ang likas na ugali ng tao, mawawala rin sa taong iyon ang pinakamahalaga, at mawawala ang tungkulin ng taong nilikha. Kung ang isang tao ay walang kaalaman o karanasan sa salita ng Diyos o sa Kanyang gawain, mawawala sa taong iyon ang kanyang tungkulin, ang tungkuling dapat niyang gampanan bilang isang nilikha, at mawawala ang dangal ng isang nilikha. Likas na ugali ng Diyos na ipahayag kung ano ang pagka-Diyos, ipinapahayag man ito sa katawang-tao o nang tuwiran sa pamamagitan ng Espiritu; ito ang ministryo ng Diyos. Ipinapahayag ng tao ang kanyang sariling mga karanasan o kaalaman (ibig sabihin, ipinapahayag niya kung ano siya) sa panahon ng gawain ng Diyos o pagkatapos; ito ang likas na ugali at tungkulin ng tao, ito ang dapat isagawa ng tao. Bagama't ang pagpapahayag ng tao ay malayung-malayo sa ipinapahayag ng Diyos, at bagama't saklaw ng maraming panuntunan ang pagpapahayag ng tao, kailangang gampanan ng tao ang tungkuling dapat niyang gampanan at gawin ang kailangan niyang gawin. Dapat gawin ng tao ang lahat ng posibleng gawin ng tao upang magampanan ang kanyang tungkulin, at dapat ay wala siya ni katiting na pag-aatubili.

Matapos gumawa sa loob ng maraming taon, ibubuod ng tao ang karanasan ng maraming taon ng kanyang gawain, gayundin ang karunungan at mga panuntunang naipon niya. Alam ng isang taong nakagawa sa loob ng mahabang panahon kung paano pakiramdaman ang galaw ng gawain ng Banal na Espiritu; alam niya kung kailan gumagawa ang Banal na Espiritu at kung kailan hindi; alam niya kung paano makibahagi habang may pasanin; alam niya ang normal na kalagayan ng gawain ng Banal na Espiritu at ang normal na kalagayan ng paglago ng mga tao sa buhay. Siya ay isang taong

gumawa na sa loob ng maraming taon at nalalaman ang gawain ng Banal na Espiritu. Ang mga nakagawa sa mahabang panahon ay nagsasalita nang may katiyakan at hindi nagmamadali; kahit wala silang sasabihin, mahinahon sila. Sa kanilang kalooban, maaari silang patuloy na manalangin upang hangarin ang gawain ng Banal na Espiritu. May karanasan sila sa paggawa. Ang isang taong nakagawa na sa loob ng mahabang panahon, na maraming karanasan at maraming aral na natutuhan, ay maraming taglay sa kalooban na humahadlang sa gawain ng Banal na Espiritu; ito ay isang depekto sa kanyang pangmatagalang gawain. Ang isang taong kasisimula pa lamang gumawa ay walang kahalang mga aral o karanasan ng tao at nalilito lalo na kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu. Gayunman, sa pag-usad ng gawain, unti-unti siyang natututong maramdaman kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu at nagkakaroon ng kamalayan kung ano ang gagawin upang matamo ang gawain ng Banal na Espiritu, ano ang gagawin upang tirahin mismo ang mga kahinaan ng iba, at iba pang gayong karaniwang kaalaman na dapat taglayin ng mga taong gumagawa. Sa paglipas ng panahon, nalalaman niya nang detalyado ang gayong karunungan at karaniwang kaalaman tungkol sa paggawa, at tila madali niyang ginagamit ito habang gumagawa. Gayunman, kapag binabago ng Banal na Espiritu ang paraan ng Kanyang paggawa, nakakapit pa rin siya sa dati niyang kaalaman sa paggawa at mga lumang panuntunan sa paggawa at kakaunti ang alam niya tungkol sa bagong paglago ng gawain. Ang mga taon ng paggawa at pagiging puspos ng presensya at patnubay ng Banal na Espiritu ay nagbibigay sa kanya ng mas maraming aral sa paggawa at mas maraming karanasan. Ang gayong mga bagay ay pinupuspos siya ng tiwala sa sarili na hindi kayabangan. Sa madaling salita, medyo nasisiyahan siya sa kanyang sariling gawain at kuntento sa karaniwang kaalamang nakamit niya tungkol sa gawain ng Banal na Espiritu. Partikular na, ang gayong mga bagay na hindi nakamit o natanto ng ibang mga tao ay nagbibigay sa kanya nang higit pang tiwala sa sarili niya; tila ang gawain ng Banal na Espiritu sa loob niya ay hindi kailanman maglalaho, samantalang hindi karapat-dapat ang iba sa ganitong natatanging pagtrato. Tanging ang mga uri ng taong tulad niya na gumawa sa maraming taon at may mahalagang paggagamitan ang karapat-dapat na magtamasa rito. Ang ganitong mga bagay ay nagiging malaking hadlang sa kanyang pagtanggap sa bagong gawain ng Banal na Espiritu. Kahit kaya niyang tanggapin ang bagong gawain, hindi iyon magagawa sa loob ng magdamag. Siguradong daraan siya sa maraming kumplikado at masalimuot na bagay bago tanggapin iyon. Ang sitwasyong ito ay maaari lamang baligtarin nang paunti-unti, pagkatapos mapakitunguhan ang dati niyang mga kuru-kuro at mahatulan ang dati niyang disposisyon. Kapag hindi siya nagdaan sa mga hakbang na ito, hindi siya sumusuko at madaling tumatanggap ng mga bagong turo at gawain na hindi naaayon sa dati niyang mga kuru-kuro. Ito ang pinakamahirap pakitunguhan sa tao, at hindi ito madaling baguhin. Kung, bilang isang manggagawa, nagagawa niyang magkamit kaagad ng pagkaunawa sa gawain ng Banal na Espiritu at ibuod ang mga paglago nito, at kung hindi siya mahigpitan ng kanyang mga karanasan sa paggawa at matatanggap niya ang

bagong gawain dahil sa dating gawain, isa siyang matalinong tao at karapat-dapat na manggagawa. Kadalasan ay ganito ang mga tao: Gumagawa sila sa loob ng ilang taon nang hindi naibubuod ang kanilang karanasan sa paggawa, o, matapos ibuod ang kanilang karanasan at karunungan tungkol sa gawain, hinahadlangan sila mula sa pagtanggap ng bagong gawain at hindi nila mauunawaan nang maayos o matrato nang tama ang dati at bagong gawain. Talagang mahirap pamahalaan ang mga tao! Ganito ang karamihan sa inyo. Ang mga nakaranas na ng gawain ng Banal na Espiritu sa loob ng maraming taon ay nahihirapang tanggapin ang bagong gawain, at lagi silang puno ng mga kuru-kuro na hindi nila maisantabi, habang ang isang taong kasisimula pa lamang gumawa ay walang karaniwang kaalaman tungkol sa paggawa at hindi man lamang alam kung paano pangasiwaan ang ilan sa pinakamadadaling usapin. Talagang matigas ang ulo ninyong mga tao! Yaong mga may kaunting karanasan sa tungkulin ay napakayabang at hambog kaya nalimutan na nila ang kanilang pinanggalingan. Lagi nilang minamaliit ang mga nakababata, subalit hindi nila matanggap ang bagong gawain at maisuko ang mga kuru-kuro na natipon nila at naingatan sa paglipas ng mga taon. Bagama't nagagawang tanggapin nang kaunti ng mga kabataang iyon na walang alam ang bagong gawain ng Banal na Espiritu at medyo masigasig sila, lagi silang nalilito at hindi nila alam kung ano ang gagawin kapag nagkakaroon ng mga problema. Masigasig sila ngunit walang alam. Kakaunti lamang ang alam nila tungkol sa gawain ng Banal na Espiritu at hindi nila magamit ito sa kanilang buhay; walang silbing doktrina lamang ito. Napakaraming taong katulad ninyo; ilan ang akmaing gamitin? Ilan ang maaaring sumunod sa kaliwanagan at pagtanglaw ng Banal na Espiritu at makakayang umayon sa kalooban ng Diyos? Tila kayong naging mga tagasunod na hanggang ngayon ay naging masyadong masunurin, ngunit, ang totoo, hindi pa ninyo natatalikuran ang inyong mga kuru-kuro, naghahanap pa rin kayo sa Bibliya, na naniniwala sa kalabuan, o paiba-iba ng mga kuru-kuro. Walang sinuman na sumusuring mabuti sa tunay na gawain ngayon o mas inuunawa ito. Tinatanggap ninyo ang daan ngayon kasama ang inyong mga dating kuru-kuro. Ano ang mapapala ninyo sa gayong paniniwala? Masasabi na nakatago sa inyo ang maraming kuru-kuro na hindi pa naibubunyag, at na ginagawa lamang ninyo ang lahat para maitago ang mga iyon, nang hindi ibinubunyag ang mga iyon nang madali. Hindi ninyo tinatanggap ang bagong gawain nang taos-puso, at wala kayong planong isuko ang inyong mga dating kuru-kuro; napakarami ninyong pilosopiya sa pamumuhay, at napakahalaga ng mga iyon. Hindi ninyo isinusuko ang dati ninyong mga kuru-kuro at atubili kayong pakitunguhan ang bagong gawain. Napakasama ng puso ninyo, at hindi ninyo talaga sineseryoso ang mga hakbang ng bagong gawain. Magagawa ba ng mga waldas na katulad ninyo ang gawaing ipalaganap ang ebanghelyo? Magagawa ba ninyo ang gawaing ipalaganap ito sa buong sansinukob? Pinipigilan kayo ng mga gawi ninyong ito na baguhin ang inyong disposisyon at kilalanin ang Diyos. Kung magpapatuloy kayo nang ganito, nakatakda kayong maalis.

Dapat ninyong malaman kung paano alamin ang pagkakaiba ng gawain ng Diyos sa

gawain ng tao. Ano ang makikita mo sa gawain ng tao? Napakaraming elemento ng karanasan ng tao sa kanyang gawain; kung ano ang ipinapahayag ng tao ay kung ano siya. Ang sariling gawain ng Diyos ay nagpapahayag din kung ano Siya, ngunit ang Kanyang katauhan ay naiiba sa tao. Ang katauhan ng tao ay kumakatawan sa karanasan at buhay ng tao (kung ano ang nararanasan o kinakaharap ng tao sa kanyang buhay, o ang kanyang mga pilosopiya sa pamumuhay), at ang mga taong namumuhay sa iba't ibang sitwasyon ay nagpapahayag ng iba't ibang pagkatao. May mga karanasan ka man sa lipunan at paano ka man tunay na namumuhay sa iyong pamilya at nakakaranas sa loob niyon ay makikita sa iyong ipinapahayag, samantalang hindi mo makikita sa gawain ng Diyos na nagkatawang-tao kung Siya ay may mga karanasan sa pakikisama. Alam na alam Niya ang pinakadiwa ng tao at maihahayag ang lahat ng klase ng mga pagsasagawa na may kinalaman sa lahat ng klase ng mga tao. Mas mahusay pa nga Siya sa paghahayag ng mga tiwaling disposisyon at masuwaying pag-uugali ng mga tao. Hindi Siya namumuhay sa piling ng mga taong makamundo, ngunit alam Niya ang likas na pagkatao ng mga mortal at lahat ng katiwalian ng mga taong makamundo. Ito ang Kanyang pagiging Diyos. Bagama't hindi Siya nakikitungo sa mundo, alam Niya ang mga panuntunan ng pakikitungo sa mundo, dahil lubos Niyang nauunawaan ang likas na pagkatao ng tao. Alam Niya ang tungkol sa gawain ng Espiritu na hindi nakikita ng mga mata ng tao at hindi naririnig ng mga tainga ng tao, kapwa ngayon at noong araw. Kasama rito ang karunungan na hindi isang pilosopiya sa pamumuhay at mga himalang mahirap maarok ng mga tao. Ito ang Kanyang pagiging Diyos, bukas sa mga tao at tago rin sa mga tao. Ang Kanyang ipinapahayag ay hindi ang katauhan ng isang di-pangkaraniwang tao, kundi ang likas na mga katangian at pagkakakilanlan ng Espiritu. Hindi Siya naglalakbay sa mundo ngunit alam Niya ang lahat tungkol dito. Nakikipag-ugnayan Siya sa mga "taong-unggoy" na walang kaalaman o kabatiran, ngunit nagpapahayag Siya ng mga salitang mas mataas sa kaalaman at nakahihigit sa mga dakilang tao. Namumuhay Siya sa gitna ng isang grupo ng mga taong mabagal umunawa at manhid na hindi makatao at hindi nauunawaan ang mga kalakaran at buhay ng pagiging tao, ngunit maaari Niyang hingin sa sangkatauhan na isabuhay ang normal na pagkatao, habang ibinubunyag ang hamak at abang pagkatao ng sangkatauhan. Lahat ng ito ay ang Kanyang pagiging Diyos, mas mataas kaysa katauhan ng kahit sinong tao na may laman at dugo. Para sa Kanya, hindi kailangang magdanas ng isang kumplikado, masalimuot, at nakaririmarim na pakikisama sa lipunan upang gawin ang gawaing kailangan Niyang gawin at lubusang ibunyag ang pinakadiwa ng tiwaling sangkatauhan. Ang nakaririmarim na pakikisama sa lipunan ay hindi humuhubog sa Kanyang katawang-tao. Ang Kanyang gawain at mga salita ay nagbubunyag lamang ng pagsuway ng tao at hindi nagkakaloob sa tao ng karanasan at mga aral sa pakikitungo sa mundo. Hindi Niya kailangang suriin ang lipunan o ang pamilya ng tao kapag tinutustusan Niya ng buhay ang tao. Ang paglalantad at paghatol sa tao ay hindi isang pagpapahayag ng mga karanasan ng Kanyang katawang-tao; ito ay Kanyang paghahayag ng kasamaan ng tao pagkatapos

malaman ang pagsuway ng tao sa loob ng mahabang panahon at kapootan ang katiwalian ng sangkatauhan. Ang gawaing Kanyang ginagawa ay lahat para sa paghahayag ng Kanyang disposisyon sa tao at para ipahayag ang Kanyang pagiging Diyos. Siya lamang ang makakagawa ng gawaing ito; hindi ito isang bagay na maaaring isagawa ng isang taong may laman at dugo. Mula sa Kanyang gawain, hindi masasabi ng tao kung anong klase Siya ng tao. Hindi rin kaya ng tao na uriin Siya bilang isang nilalang batay sa Kanyang gawain. Hindi rin Siya maaaring ituring na isang nilalang dahil sa Kanyang pagiging Diyos. Maaari lamang Siyang ituring ng tao na hindi isang tao, ngunit hindi niya alam kung saang kategorya Siya ilalagay, kaya napipilitan ang tao na ilagay Siya sa kategorya ng Diyos. Hindi kawalan ng katwiran na gawin ito ng tao, sapagkat napakaraming nagawang gawain ng Diyos sa mga tao na hindi kayang gawin ng tao.

Ang gawaing ginagawa ng Diyos ay hindi kumakatawan sa karanasan ng Kanyang katawang-tao; ang gawaing ginagawa ng tao ay kumakatawan sa kanyang karanasan. Pinag-uusapan ng lahat ang kanilang personal na karanasan. Maipapahayag ng Diyos nang tuwiran ang katotohanan, samantalang maipapahayag lamang ng tao ang karanasang tumutugma sa kanyang pagdanas sa katotohanan. Ang gawain ng Diyos ay walang mga panuntunan at hindi sakop ng panahon o mga limitasyon ng heograpiya. Maipapahayag Niya kung ano Siya kahit kailan, kahit saan. Gumagawa Siya ayon sa gusto Niya. Ang gawain ng tao ay may mga kundisyon at konteksto; kung wala ang mga ito, hindi siya makakagawa at hindi niya maipapahayag ang kanyang kaalaman tungkol sa Diyos o ang kanyang karanasan sa katotohanan. Para masabi kung ang isang bagay ay sariling gawain ng Diyos o gawain ng tao, kailangan mo lamang ikumpara ang mga pagkakaiba sa pagitan ng dalawa. Kung walang gawaing ginawa ang Diyos Mismo at mayroon lamang gawain ng tao, malalaman mo lamang na ang mga turo ng tao ay mataas, higit sa kakayahan ng iba pa; ang tono ng kanilang pagsasalita, kanilang mga prinsipyo sa pamamahala sa mga bagay-bagay, at kanilang bihasa at matatag na paraan sa paggawa ay hindi kayang abutin ng iba. Hinahangaan ninyong lahat ang mga taong ito na malaki ang kakayahan at mataas ang kaalaman, ngunit hindi ninyo nakikita mula sa gawain at mga salita ng Diyos kung gaano kataas ang Kanyang pagkatao. Sa halip, Siya ay pangkaraniwan, at kapag gumagawa, Siya ay normal at tunay subalit hindi rin masukat ng mga mortal, kaya nga nakadarama ang mga tao ng pagpipitagan para sa Kanya. Marahil ay partikular na maunlad ang karanasan ng isang tao sa kanyang gawain, o partikular na maunlad ang kanyang imahinasyon at pangangatwiran, at ang kanyang pagkatao ay partikular na mabuti; ang gayong mga katangian ay maaari lamang magkamit ng paghanga ng mga tao, ngunit hindi mapupukaw ang kanilang pangiangimi at takot. Hinahangaan ng lahat ng tao yaong mga kayang gumawa nang mahusay, na may partikular na malalim na karanasan, at maaaring magsagawa ng katotohanan, ngunit hindi kaya ng gayong mga tao kailanman na pumukaw ng pangiangimi, kundi paghanga lamang at inggit. Ngunit ang mga taong nakaranas na ng gawain ng Diyos ay hindi humahanga sa Diyos; sa halip, pakiramdam nila ay hindi maaabot at maaarok ng tao ang

Kanyang gawain, at ito ay bago at kamangha-mangha. Kapag nararanasan ng mga tao ang gawain ng Diyos, ang una nilang kaalaman tungkol sa Kanya ay na Siya ay di-maarok, matalino, at kamangha-mangha, at hindi nila namamalayan na nagpipitagan sila sa Kanya at nadarama nila ang hiwaga ng gawaing Kanyang ginagawa, na hindi maunawaan ng isip ng tao. Nais lamang ng mga tao na matugunan ang Kanyang mga kinakailangan, mabigyang-kasiyahan ang Kanyang mga hangarin; ayaw nilang malampasan Siya, dahil ang gawaing Kanyang ginagawa ay hindi abot ng isip at imahinasyon ng tao at hindi magagawa ng tao para sa Kanya. Kahit ang tao mismo ay hindi alam ang sarili niyang mga kakulangan, subalit nagbukas na ang Diyos ng isang bagong landas at naparito upang dalhin ang tao sa mas bago at mas magandang mundo, at sa gayon ay nakagawa ang sangkatauhan ng panibagong pagsulong at nagkaroon na ng bagong simula. Ang nadarama ng tao para sa Diyos ay hindi paghanga, o ang ibig Kong sabihin, hindi lamang paghanga. Ang kanilang pinakamalalim na karanasan ay pangingimi at pagmamahal; ang pakiramdam nila ay na ang Diyos ay talagang kamangha-mangha. Gumagawa Siya ng gawaing hindi kayang gawin ng tao at nagsasabi ng mga bagay na hindi kayang sabihin ng tao. Ang mga taong nakaranas na ng gawain ng Diyos ay laging mayroong di-maipaliwanag na damdamin. Ang mga taong may sapat na lalim ng karanasan ay nauunawaan ang pagmamahal ng Diyos; nadarama nila ang Kanyang pagiging kaibig-ibig, na ang Kanyang gawain ay napakatalino, lubhang kamangha-mangha, at sa gayon ay nabubuo sa kanila ang walang-hanggang kapangyarihan. Hindi iyon takot o paminsan-minsang pagmamahal at paggalang, kundi isang malalim na pakiramdam ng habag at pagpaparaya ng Diyos sa tao. Gayunman, ang mga taong nakaranas na ng Kanyang pagkastigo at paghatol ay nararamdaman ang Kanyang pagiging maharlika at na wala Siyang pinalalagpas na pagkakasala. Kahit ang mga taong nakaranas na ng marami sa Kanyang gawain ay hindi Siya maarok; alam ng lahat ng tunay na nagpipitagan sa Kanya na ang Kanyang gawain ay hindi nakaayon sa mga kuru-kuro ng mga tao kundi palaging sumasalungat sa kanilang mga kuru-kuro. Hindi Niya kailangang hangaan Siya nang lubusan ng mga tao o magpakita ng pagpapasakop sa Kanya; sa halip, dapat silang magkaroon ng tunay na nagpipitagan at tunay na pagpapasakop. Sa karamihan ng Kanyang gawain, sinumang may tunay na karanasan ay nakadarama ng nagpipitagan sa Kanya, na mas mataas kaysa paghanga. Nakita na ng mga tao ang Kanyang disposisyon dahil sa Kanyang gawain ng pagkastigo at paghatol, at sa gayon ay buong-puso silang nagpipitagan sa Kanya. Ang Diyos ay nararapat pagpitaganan at sundin, dahil ang Kanyang katauhan at Kanyang disposisyon ay hindi kapareho ng sa isang nilalang at mas mataas sa mga nilalang. Ang Diyos ay umiiral nang mag-isa at walang katapusan, at hindi Siya isang nilalang, at ang Diyos lamang ang karapat-dapat na pagpitaganan at sundin; hindi karapat-dapat ang tao para dito. Kaya, lahat ng nakaranas na ng Kanyang gawain at tunay na nakakilala sa Kanya ay nakakaramdam ng nagpipitagan sa Kanya. Gayunman, yaong mga ayaw bumitaw sa kanilang mga kuru-kuro tungkol sa Kanya—yaong mga talagang hindi Siya itinuturing

na Diyos—ay walang pagpipitagan sa Kanya, at bagama't sumusunod sila sa Kanya, hindi sila nalupig; sila ay likas na masuwaying mga tao. Ang nais Niyang makamtan sa pamamagitan ng paggawa ng gayon ay para lahat ng nilalang ay magkaroon ng pusong nagpipitagan sa Lumikha, sumasamba sa Kanya, at nagpapasakop sa Kanyang kapamahalaan nang walang pasubali. Ito ang huling resultang nais makamit ng lahat ng Kanyang gawain. Kung lahat ng taong nakaranas na ng gayong gawain ay hindi nagpipitagan sa Diyos, kahit kaunti, at kung ang kanilang dating pagsuway ay hindi man lamang nagbabago, siguradong aalisin sila. Kung ang saloobin ng isang tao sa Diyos ay para lamang hangaan Siya o magpakita ng paggalang sa Kanya mula sa malayo, at hindi para mahalin Siya kahit katiting, ito ang resultang naabot ng isang taong walang pusong nagmamahal sa Diyos, at wala sa taong iyon ang mga kalagayan para magawang perpekto. Kung hindi natamo ng napakaraming gawain ang tunay na pagmamahal ng isang tao, hindi pa nakamit ng taong iyon ang Diyos at hindi niya tunay na hinahanap ang katotohanan. Ang isang taong hindi mahal ang Diyos ay hindi mahal ang katotohanan at sa gayon ay hindi makakamit ang Diyos, lalong hindi niya matatanggap ang pagsang-ayon ng Diyos. Ang gayong mga tao, paano man nila nararanasan ang gawain ng Banal na Espiritu, at paano man nila nararanasan ang paghatol, ay hindi magawang magpitagan sa Diyos. Ito ay mga taong hindi mababago ang likas na pagkatao at napakasama ng mga disposisyon. Lahat ng hindi nagpipitagan sa Diyos ay aalisin, upang maging mga pakay ng kaparusahan, at maparusahan tulad ng mga gumagawa ng kasamaan, upang magdusa nang higit pa kaysa sa mga nakagawa ng masasamang bagay.

Pag-alam sa Tatlong Yugto ng Gawain ng Diyos ang Landas Tungo sa Pagkilala sa Diyos

Ang gawain ng pamamahala sa sangkatauhan ay nahahati sa tatlong yugto, na nangangahulugang ang gawain ng pagliligtas sa sangkatauhan ay nahahati sa tatlong yugto. Hindi kabilang sa tatlong yugtong ito ang gawain ng paglikha ng mundo, kundi sa halip ay ang tatlong yugto ng gawain ng Kapanahunan ng Kautusan, Kapanahunan ng Biyaya, at Kapanahunan ng Kaharian. Ang gawain ng paglikha ng mundo ay ang gawain ng paglikha sa buong sangkatauhan. Hindi ito ang gawain ng pagliligtas sa sangkatauhan, at walang kinalaman sa gawain ng pagliligtas sa sangkatauhan, sapagkat nang likhain ang mundo, hindi pa nagawang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan, at sa gayo'y hindi kinailangang isagawa ang gawain ng pagliligtas sa sangkatauhan. Ang gawain ng pagliligtas sa sangkatauhan ay nagsimula lamang noong magawa nang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan, at sa gayo'y nagsimula rin ang pamamahala sa sangkatauhan noon lamang magawa nang tiwali ang sangkatauhan. Sa madaling salita, nagsimula ang

pamamahala ng Diyos sa tao bilang resulta ng gawain ng pagliligtas sa sangkatauhan, at hindi nagmula sa gawain ng paglikha ng mundo. Matapos magkaroon ng tiwaling disposisyon ang tao, saka lamang umiral ang gawain ng pamamahala, at sa gayo'y may tatlong bahagi ang gawain ng pamamahala sa sangkatauhan, sa halip na apat na yugto, o apat na kapanahunan. Ito lamang ang wastong paraan ng pagtukoy sa pamamahala ng Diyos sa sangkatauhan. Kapag natapos ang huling kapanahunan, ganap nang natapos ang gawain ng pamamahala sa sangkatauhan. Ang pagtatapos ng gawain ng pamamahala ay nangangahulugan na ang gawain ng pagliligtas sa buong sangkatauhan ay ganap nang natapos, at na natapos na kung gayon ang yugtong ito para sa sangkatauhan. Kung wala ang gawain ng pagliligtas sa buong sangkatauhan, ang gawain ng pamamahala sa sangkatauhan ay hindi iiral, ni hindi rin magkakaroon ng tatlong yugto ng gawain. Dahil ito mismo sa kasamaan ng sangkatauhan, at dahil kailangang-kailangan ng sangkatauhan ng kaligtasan, kaya winakasan ni Jehova ang paglikha ng mundo at sinimulan ang gawain ng Kapanahunan ng Kautusan. Noon lamang nagsimula ang gawain ng pamamahala sa sangkatauhan, na nangangahulugan na noon lamang nagsimula ang gawain ng pagliligtas sa sangkatauhan. Ang “pamamahala sa sangkatauhan” ay hindi nangangahulugan ng paggabay sa pamumuhay ng sangkatauhan, na bagong-likha, sa lupa (ibig sabihin, ang sangkatauhang hindi pa nagagawang tiwali). Sa halip, ito ang pagliligtas ng isang sangkatauhang nagawa nang tiwali ni Satanas, ibig sabihin, ito ang pagpapabago sa tiwaling sangkatauhang ito. Ito ang kahulugan ng “pamamahala sa sangkatauhan.” Hindi kabilang sa gawain ng pagliligtas sa sangkatauhan ang paglikha ng mundo, kaya nga hindi rin kasama sa gawain ng pamamahala sa sangkatauhan ang gawain ng paglikha ng mundo, kundi sa halip ay kabilang lamang dito ang tatlong yugto ng gawaing hiwalay sa paglikha ng mundo. Para maunawaan ang gawain ng pamamahala sa sangkatauhan, kailangang malaman ang kasaysayan ng tatlong yugto ng gawain—ito ang kailangang malaman ng lahat upang maligtas. Bilang mga nilalang ng Diyos, dapat ninyong kilalanin na ang tao ay nilikha ng Diyos, at dapat ninyong kilalanin ang pinagmulan ng katiwalian ng tao, at, bukod pa roon, ang proseso ng pagliligtas sa tao. Kung ang alam lamang ninyo ay kung paano kumilos ayon sa doktrina sa pagtatangkang makamtan ang pabor ng Diyos, ngunit wala kayong ideya kung paano inililigtas ng Diyos ang sangkatauhan, o sa pinagmumulan ng katiwalian ng sangkatauhan, ito ang kulang sa inyo bilang isang nilalang ng Diyos. Hindi ka dapat makuntento sa pag-unawa lamang sa mga katotohanang maaaring isagawa, samantalang nananatili kang mangmang tungkol sa mas malawak na sakop ng gawaing pamamahala ng Diyos—kung magkagayon, masyado kang nakakapit sa doktrina. Ang tatlong yugto ng gawain ay ang kuwento sa loob ng pamamahala ng Diyos sa tao, ang pagdating ng ebanghelyo ng buong mundo, ang pinakamalaking hiwaga sa gitna ng buong sangkatauhan, at ang mga ito rin ang pundasyon ng pagpapalaganap ng ebanghelyo. Kung magtutuon ka lamang sa pag-unawa sa mga simpleng katotohanang may kaugnayan sa buhay mo, at wala kang alam tungkol dito, ang pinakamalaki sa lahat ng hiwaga at

pangitain, hindi ba katulad ng isang produktong may depekto ang buhay mo, walang silbi kundi ang pagmasdan lamang?

Kung pagsasagawa lamang ang pinagtutuunan ng tao, at pumapangalawa lamang sa kanya ang gawain ng Diyos at kung ano ang dapat malaman ng tao, hindi ba siya maingat sa maliliit na bagay pero pabaya sa malalaking bagay? Yaong kailangan mong malaman, kailangan mong malaman; yaong kailangan mong maisagawa, kailangan mong isagawa. Saka ka lamang magiging isang taong nakakaalam kung paano maghangad ng katotohanan. Pagdating ng araw na magpapalaganap ka ng ebanghelyo, kung ang tanging nasasabi mo ay na ang Diyos ay isang dakila at matuwid na Diyos, na Siya ang kataas-taasang Diyos, isang Diyos na hindi kayang pantayan ng sinumang dakilang tao, at na Siya ay isang Diyos na hindi mapapangibabawan ninuman..., kung ang tanging masasabi mo ay ang walang-katuturan at mababaw na mga salitang ito samantalang lubos kang walang kakayahang sumambit ng mga salitang napakahalaga at may katuturan; kung wala kang masabi tungkol sa pagkilala sa Diyos o sa gawain ng Diyos, at, bukod pa ryan, hindi mo maipaliwanag ang katotohanan, o maibigay ang kulang sa tao, ang isang tulad mo ay walang kakayahang gampanan nang maayos ang kanyang tungkulin. Ang pagpapatotoo sa Diyos at pagpapalaganap ng ebanghelyo ng kaharian ay hindi simpleng bagay. Kailangan ka munang masangkapan ng katotohanan, at ng mga pangitaing kailangang maunawaan. Kapag malinaw sa iyo ang mga pangitain at katotohanan ng iba't ibang mga aspeto ng gawain ng Diyos, at nalalaman mo sa iyong puso ang gawain ng Diyos, at anuman ang gawin ng Diyos—maging ito man ay matuwid na paghatol o pagpipino sa tao—taglay mo ang pinakadakilang pangitain bilang iyong pundasyon, at taglay mo ang tamang katotohanang isasagawa, magagawa mong sundin ang Diyos hanggang sa pinakahuli. Kailangan mong malaman na anuman ang gawaing Kanyang ginagawa, ang layunin ng gawain ng Diyos ay hindi nagbabago, ang puso ng Kanyang gawain ay hindi nagbabago, at ang Kanyang kalooban sa tao ay hindi nagbabago. Gaano man kabagsik ang Kanyang mga salita, gaano man kasama ang sitwasyon, ang mga prinsipyo ng Kanyang gawain ay hindi nagbabago, at ang Kanyang layuning iligtas ang tao ay hindi nagbabago. Basta't hindi ito ang gawain ng pagbubunyag ng katapusan ng tao o ng hantungan ng tao, at hindi ito ang gawain ng huling yugto, o ang gawain ng pagwawakas sa buong plano ng pamamahala ng Diyos, at basta't ito ay sa panahong ginagawaan Niya ang tao, ang puso ng Kanyang gawain ay hindi nagbabago. Palagi itong ang pagliligtas sa sangkatauhan. Ito dapat ang pundasyon ng inyong paniniwala sa Diyos. Ang layunin ng tatlong yugto ng gawain ay ang kaligtasan ng buong sangkatauhan—nangangahulugan ito ng ganap na kaligtasan ng tao mula sa sakop ni Satanas. Bagama't bawat isa sa tatlong yugto ng gawain ay may ibang layunin at kabuluhan, bawat isa ay bahagi ng gawain ng pagliligtas sa sangkatauhan, at bawat isa ay ibang gawain ng pagliligtas na isinasagawa ayon sa mga kinakailangan ng sangkatauhan. Kapag alam mo na ang layunin ng tatlong yugtong ito ng gawain, malalaman mo kung paano pahalagahan ang kabuluhan ng bawat yugto ng gawain, at malalaman mo kung

paano kumilos upang bigyang-kasiyahan ang naisin ng Diyos. Kung makarating ka sa puntong ito, ito, na siyang pinakadakila sa lahat ng pangitain, ang magiging pundasyon ng iyong paniniwala sa Diyos. Hindi mo dapat hangarin lamang ang madadaling paraan ng pagsasagawa o malalalim na katotohanan, kundi dapat mong samahan ng pagsasagawa ang mga pangitain, upang magkaroon kapwa ng mga katotohanang maaaring isagawa at ng kaalamang batay sa mga pangitain. Saka ka lamang magiging isang taong malawak na naghahangad na matamo ang katotohanan.

Ang tatlong yugto ng gawain ay nasa puso ng buong pamamahala ng Diyos, at sa mga ito ipinapahayag ang disposisyon ng Diyos at kung ano Siya. Yaong mga hindi nakakaalam sa tatlong yugto ng gawain ng Diyos ay walang kakayahang matanto kung paano ipinapahayag ng Diyos ang Kanyang disposisyon, ni hindi nila alam ang karunungan ng gawain ng Diyos. Nananatili rin silang mangmang tungkol sa maraming paraan ng Kanyang pagliligtas sa sangkatauhan, at sa Kanyang kalooban para sa buong sangkatauhan. Ang tatlong yugto ng gawain ay ang lubos na pagpapahayag ng gawain ng pagliligtas sa sangkatauhan. Yaong mga hindi nakakaalam sa tatlong yugto ng gawain ay magiging mangmang sa iba't ibang mga pamamaraan at prinsipyo ng gawain ng Banal na Espiritu, at yaong mga kumakapit lamang nang mahigpit sa doktrinang natira mula sa isang yugto ng gawain ay mga taong inililimita ang Diyos sa doktrina, at ang paniniwala sa Diyos ay malabo at alanganin. Ang gayong mga tao ay hindi tatanggap ng pagliligtas ng Diyos kailanman. Ang tatlong yugto lamang ng gawain ng Diyos ang maaaring magpahayag nang lubusan sa kabuuan ng disposisyon ng Diyos at ganap na magpahayag ng hangarin ng Diyos na iligtas ang buong sangkatauhan, at ng buong proseso ng pagliligtas sa sangkatauhan. Patunay ito na natalo na Niya si Satanas at naangkin ang sangkatauhan; patunay ito ng tagumpay ng Diyos, at ito ang pagpapahayag ng buong disposisyon ng Diyos. Yaong mga nakakaunawa sa isang yugto lamang ng tatlong yugto ng gawain ng Diyos ay bahagi lamang ang alam tungkol sa disposisyon ng Diyos. Sa mga kuru-kuro ng tao, madali para sa iisang yugtong ito ng gawain na maging doktrina, at malamang na magtatag ng mga pirmihang panuntunan ang tao tungkol sa Diyos at gamitin ang iisang bahaging ito ng disposisyon ng Diyos bilang isang paglalarawan ng buong disposisyon ng Diyos. Bukod pa ryan, malaking bahagi ng imahinasyon ng tao ang nakahalo sa loob, sa gayon ay mahigpit na pinipigilan ng tao ang disposisyon, katauhan, at karunungan ng Diyos, gayundin ang mga prinsipyo ng gawain ng Diyos, sa loob ng limitadong mga hangganan, naniniwala na kung minsan nang naging ganito ang Diyos, mananatili Siyang ganito habang panahon, at hindi magbabago kailanman. Yaong mga nakakaalam at nagpapahalaga lamang sa tatlong yugto ng gawain ang lubos at tumpak na makakakilala sa Diyos. Kahit paano, hindi nila ilalarawan ang Diyos bilang Diyos ng mga Israelita, o ng mga Hudyo, at hindi nila Siya ituturing na isang Diyos na ipapako sa krus magpakailanman alang-alang sa tao. Kung makikilala lamang ng isang tao ang Diyos mula sa isang yugto ng Kanyang gawain, ang kanyang kaalaman ay napakaliit, at kasinghalaga lamang ng isang patak na tubig sa karagatan. Kung hindi,

bakit ipapako ng marami sa relihiyosong matandang bantay ang Diyos sa krus nang buhay? Hindi ba dahil nililimitahan ng tao ang Diyos sa loob ng ilang hangganan? Hindi ba maraming taong kumontra sa Diyos at humahadlang sa gawain ng Banal na Espiritu dahil hindi nila alam ang iba't iba at malawak na gawain ng Diyos, at, bukod pa ryan, dahil napakaliit ng taglay nilang kaalaman at doktrina para sukatin ang gawain ng Banal na Espiritu? Bagama't mababaw ang mga karanasan ng gayong mga tao, mayabang at likas silang mapagpalayaw at hinahamak nila ang gawain ng Banal na Espiritu, binabalewala ang mga pagdidisiplina ng Banal na Espiritu at, bukod pa ryan, ginagamit nila ang kanilang mga walang-kuwentang lumang argumento upang “pagtibayin” ang gawain ng Banal na Espiritu. Nagkukunwari din sila, at lubos na kumbinsido sa sarili nilang natutuhan at kaalaman, at kumbinsido na nakakapaglakbay sila sa buong mundo. Hindi ba kinasusuklaman at inaayawan ng Banal na Espiritu ang gayong mga tao, at hindi ba sila aalisin pagsapit ng bagong kapanahunan? Hindi ba mga kasuklam-suklam na taong mangmang at kulang sa kaalaman yaong mga humaharap sa Diyos at lantaran Siyang kinontra, na nagpapakita lamang kung gaano sila katalino? Sa taglay nilang kaunting kaalaman tungkol sa Bibliya, sinisikap nilang magwala sa “akademya” ng mundo; taglay ang isang mababaw na doktrina para turuan ang mga tao, sinusubukan nilang baligtarin ang gawain ng Banal na Espiritu at tinatangkang paikutin ito sa sarili nilang proseso ng pag-iisip. Dahil hindi nila alam ang mangyayari, sinusubukan nilang masdan sa isang sulyap ang 6,000 taon ng gawain ng Diyos. Walang anumang katinuan ang mga taong ito na dapat banggitin! Sa katunayan, kapag mas maraming kaalaman ang mga tao tungkol sa Diyos, mas mabagal silang manghusga sa Kanyang gawain. Bukod pa ryan, katiting lamang ang binabanggit nilang kaalaman nila tungkol sa gawain ng Diyos ngayon, ngunit hindi sila padalus-dalos sa kanilang mga paghusga. Kapag mas kakaunti ang alam ng mga tao tungkol sa Diyos, mas mayabang sila at labis ang tiwala nila sa sarili at mas walang-pakundangan nilang ipinapahayag ang katauhan ng Diyos—subalit ang binabanggit nila ay teorya lamang, at wala silang ibinibigay na tunay na katibayan. Walang anumang halaga ang gayong mga tao. Yaong mga itinuturing na laro ang gawain ng Banal na Espiritu ay mga bobo! Yaong mga hindi maingat kapag nakakatagpo sila ng bagong gawain ng Banal na Espiritu, na walang-tigil magsalita, mabilis humusga, malayang hinahayaan ang kanilang pag-uugali na tanggihan ang pagiging tama ng gawain ng Banal na Espiritu, at iniinsulto at nilalapastangan din ito—hindi ba mangmang sa gawain ng Banal na Espiritu ang ganoon kawalang-galang na mga tao? Bukod pa ryan, hindi ba sila mga taong mayayabang, likas na mapagmataas at pasaway? Kahit dumating ang araw na tanggapin ng gayong mga tao ang bagong gawain ng Banal na Espiritu, hindi pa rin sila palalampasin ng Diyos. Hindi lamang nila hinahamak yaong mga gumagawa para sa Diyos, kundi nilalapastangan din nila ang Diyos Mismo. Ang gayong desperadong mga tao ay hindi patatawarin, sa kapanahunang ito man o sa darating na kapanahunan, at mapapahamak sila sa impiyerno magpakailanman! Ang gayong walang-galang at maluhong mga tao ay nagkukunwaring naniniwala sa

Diyos, at kapag mas ganito ang mga tao, mas malamang na labagin nila ang mga atas administratibo ng Diyos. Hindi ba tumatahak sa landas na ito ang lahat ng mayabang na talagang hindi mapigil, at hindi pa sumunod kahit kanino kailanman? Hindi ba nila kinontra ang Diyos bawat araw, ang Diyos na laging bago at hindi kailanman luma? Ngayon, dapat ninyong maunawaan kung bakit kailangan ninyong malaman ang kahalagahan ng tatlong yugto ng gawain ng Diyos. Ang mga salitang sinasabi Ko ay may pakinabang sa inyo, at hindi lamang hungkag na pananalita. Kung babasahin lamang ninyo ang mga ito na parang humahanga kayo sa mga bulaklak habang nakasakay sa kabayo, hindi ba mawawalan ng kabuluhan ang lahat ng Aking pinaghirapan? Dapat malaman ng bawat isa sa inyo ang sarili ninyong likas na pagkatao. Karamihan sa inyo ay sanay makipagtalos; ang mga sagot sa teoretikal na mga tanong ay lumalabas sa inyong dila, ngunit wala kayong maisagot sa mga tanong na may kabuluhan. Kahit ngayon, sumasali pa rin kayo sa mga walang-saysay na usapan, wala kayong kakayahang baguhin ang inyong dating mga disposisyon, at karamihan sa inyo ay walang hangaring baguhin ang paraan ng inyong paghahangad na magtamo ng mas mataas na katotohanan, kundi sa halip ay nabubuhay lamang kayo nang walang sigla. Paano makakaya ng gayong mga tao na sumunod sa Diyos hanggang sa pinakahuli? Kahit makasunod kayo sa dulo ng landas, ano ang pakinabang nito sa inyo? Mas mabuti pang baguhin ninyo ang inyong mga ideya bago mahuli ang lahat, na tunay na naghahangad, o dili kaya'y maagang umaatras. Habang lumilipas ang panahon magiging palaasang parasitiko lamang kayo—handa ba kayong gampanan ang ganito kababa at hamak na papel?

Ang tatlong yugto ng gawain ay isang tala ng buong gawain ng Diyos; ang mga ito ay isang tala ng pagliligtas ng Diyos sa sangkatauhan, at hindi kathang-isip ang mga ito. Kung nais ninyo talagang maghangad ng kaalaman tungkol sa buong disposisyon ng Diyos, kailangan ninyong malaman ang tatlong yugto ng gawaing isinakatuparan ng Diyos, at bukod pa ryan, hindi ninyo dapat laktawan ang anumang yugto. Ito ang pinakamaliit na kailangang makamit ng mga naghahangad na makilala ang Diyos. Hindi kaya ng tao mismo na maggawa-gawa ng tunay na kaalaman tungkol sa Diyos. Hindi ito isang bagay na kayang isipin ng tao mismo, ni hindi ito bunga ng espesyal na pabor na ipinagkaloob ng Banal na Espiritu sa iisang tao. Sa halip, ito ay isang kaalamang dumarating matapos maranasan ng tao ang gawain ng Diyos, at ito ay isang kaalaman tungkol sa Diyos na dumarating lamang matapos maranasan ang mga katunayan ng gawain ng Diyos. Ang gayong kaalaman ay hindi makakamtan nang basta-basta, at ni hindi ito isang bagay na maaaring ituro. Lubos itong may kaugnayan sa personal na karanasan. Ang pagliligtas ng Diyos sa sangkatauhan ang buod ng tatlong yugtong ito ng gawain, subalit kasama sa loob ng gawain ng pagliligtas ang ilang pamamaraan ng paggawa at ilang kaparaanan ng pagpapahayag ng disposisyon ng Diyos. Ito ang pinakamahirap matukoy ng tao, at ito ang mahirap maunawaan ng tao. Ang pagkakahiwa-hiwalay ng mga kapanahunan, mga pagbabago sa gawain ng Diyos, mga pagbabago sa lokasyon ng gawain, mga pagbabago sa mga tatanggap ng gawaing ito,

at iba pa—lahat ng ito ay kasama sa tatlong yugto ng gawain. Lalo na, ang pagkakaiba sa paraan ng paggawa ng Banal na Espiritu, gayundin ang mga pagbabago sa disposisyon, anyo, pangalan, pagkakakilanlan, o ang iba pang mga pagbabago ng Diyos, ay bahaging lahat ng tatlong yugto ng gawain. Ang isang yugto ng gawain ay maaari lamang kumatawan sa isang bahagi, at limitado sa loob ng isang tiyak na saklaw. Hindi kasama rito ang pagkakahiwa-hiwalay ng mga kapanahunan, o mga pagbabago sa gawain ng Diyos, lalo nang hindi kasama ang iba pang mga aspeto. Ito ay isang malinaw na halatang katunayan. Ang tatlong yugto ng gawain ay ang buong gawain ng Diyos sa pagliligtas sa sangkatauhan. Kailangang malaman ng tao ang gawain ng Diyos at ang disposisyon ng Diyos sa gawain ng pagliligtas; kung wala ang katunayang ito, ang iyong kaalaman tungkol sa Diyos ay mga hungkag na salita lamang, walang iba kundi mabulaklak na pananalita. Ang gayong kaalaman ay hindi makakakumbinsi ni makakalupig sa tao; taliwas ito sa realidad, at hindi ito ang katotohanan. Maaaring napakarami nito at kaigayigayang pakinggan, ngunit kung taliwas ito sa likas na disposisyon ng Diyos, hindi ka palalampasin ng Diyos. Hindi lamang Niya hindi pupurihin ang iyong kaalaman, kundi gagantihan ka rin Niya sa iyong pagiging isang makasalanan na lumapastangan sa Kanya. Ang mga salita ng pagkakilala sa Diyos ay hindi binibigkas nang basta-basta. Bagama't maaaring matabil ka at makatang magsalita, at bagama't napakatuso ng iyong mga salita kaya nakakaya mong mangumbinsi na ang itim ay puti at ang puti ay itim, nahihirapan ka pa ring makaunawa pagdating sa kaalaman tungkol sa Diyos. Ang Diyos ay hindi isang taong mahuhusgahan mo nang padalus-dalos o mapupuri nang basta-basta, o maliitin na parang balewala. Pinupuri mo ang kahit sino at lahat, subalit nahihirapan kang hanapin ang tamang mga salita upang ilarawan ang kataas-taasang biyaya ng Diyos—ito ang natatanto ng bawat talunan. Kahit maraming dalubhasa sa wika na may kakayahang ilarawan ang Diyos, ang katumpakan ng kanilang paglalarawan ay ikasandaang bahagi lamang ng katotohanang sinasabi ng mga taong nabibilang sa Diyos, mga taong kahit limitado lamang ang bokabularyo, ay maraming karanasang mapagpupulutan. Sa gayon ay makikita na ang kaalaman tungkol sa Diyos ay nakasalalay sa katumpakan at katunayan, at hindi sa tusong paggamit ng mga salita o mayamang bokabularyo, at ang kaalaman ng taong iyon at ang kaalaman tungkol sa Diyos ay ganap na walang kaugnayan. Ang aral sa pagkilala sa Diyos ay mas mataas kaysa alinman sa mga sangay na siyensya ng sangkatauhan patungkol sa pisikal na mundo. Ito ay isang aral na makakamtan lamang ng lubhang kakaunting bilang ng mga naghahangad na makilala ang Diyos, at hindi makakamtan ng kung sino lamang na may talento. Kaya, hindi ninyo dapat ituring ang pagkilala sa Diyos at paghahangad sa katotohanan na para bang mga bagay ang mga ito na maaaring makamtan ng isang bata lamang. Marahil ay ganap kang naging matagumpay sa iyong buhay-pamilya, o sa iyong propesyon, o sa iyong pag-aasawa, ngunit pagdating sa katotohanan at sa aral tungkol sa pagkilala sa Diyos, wala kang maipakita at wala kang natamo. Masasabi na ang pagsasagawa ng katotohanan ay napakahirap para sa inyo, at ang pagkilala sa Diyos ay mas malaki pang

problema. Ito ang mahirap para sa inyo, at ito rin ang hirap na kinakaharap ng buong sangkatauhan. Sa mga nagkaroon na ng ilang pagtatagumpay sa pagkakilala sa Diyos, halos walang isa mang umaabot sa pamantayan. Hindi alam ng tao ang kahulugan ng pagkilala sa Diyos, o kung bakit kailangang makilala ang Diyos, o kung anong antas ang kailangang marating ng isang tao upang makilala ang Diyos. Ito ang lubhang nagpapalito sa sangkatauhan, at ito talaga ang pinakamalaking palaisipang kinakaharap ng sangkatauhan—walang mayroong kakayahang sagutin ang tanong na ito, ni sinumang handang sumagot sa tanong na ito, dahil, hanggang ngayon, walang isa man sa sangkatauhan ang nagtagumpay na sa pag-aaral sa gawaing ito. Marahil, kapag naipaalam na sa sangkatauhan ang palaisipan ng tatlong yugto ng gawain, sunud-sunod na lilitaw ang isang grupo ng mga taong may talento na nakakakilala sa Diyos. Siyempre pa, sana'y gayon nga, at, bukod pa ryan, nasa proseso Ako ng pagsasakatuparan ng gawaing ito, at inaasam Kong makita ang paglitaw ng mas maraming gayong tao na may talento sa nalalapit na hinaharap. Sila yaong mga magpapatotoo sa katunayan ng tatlong yugtong ito ng gawain, at, siyempre pa, sila rin ang unang magpapatotoo sa tatlong yugtong ito ng gawain. Ngunit wala nang iba pang mas nakakabalisa at nakakahinayang kaysa kung hindi lumitaw ang gayong mga taong may talento sa araw ng pagtatapos ng gawain ng Diyos, o kung mayroon lamang isa o dalawang ganoong tao na personal na tumanggap na magawang perpekto ng Diyos na nagkatawang-tao. Gayunman, ito lamang ang pinakamalalang mangyayari. Anuman ang mangyari, inaasam Ko pa rin na matamo ng mga tunay na naghahangad ang pagpapalang ito. Noon pa mang unang panahon, hindi pa nagkaroon ng gawaing tulad nito kailanman; ang gayong pagsasagawa ay hindi pa nangyari sa kasaysayan ng pag-unlad ng tao kailanman. Kung talagang maaari kang maging isa sa mga unang nakakakilala sa Diyos, hindi ba ito ang pinakamataas na karangalan sa lahat ng nilalang? May iba pa bang nilalang sa sangkatauhan na mas pupurihin ng Diyos? Ang gayong gawain ay hindi madaling matamo, ngunit sa huli ay aani pa rin ito ng mga gantimpala. Anuman ang kanilang kasarian o lahi, lahat ng may kakayahang magkamit ng kaalaman tungkol sa Diyos ay tatanggap, sa huli, ng pinakamalaking parangal ng Diyos, at sila lamang ang magtataglay ng awtoridad ng Diyos. Ito ang gawain sa ngayon, at ito rin ang gawain sa hinaharap; ito ang huli at pinakamataas na gawaing isasagawa sa 6,000 taon ng gawain, at ito ay isang paraan ng paggawa na naghahayag sa bawat kategorya ng tao. Sa pamamagitan ng gawain ng pagsasanhing makilala ng tao ang Diyos, inihahayag ang iba't ibang ranggo ng tao: Yaong mga nakakakilala sa Diyos ay karapat-dapat na tumanggap ng mga pagpapala ng Diyos at ng Kanyang mga pangako, samantalang yaong mga hindi nakakakilala sa Diyos ay hindi karapat-dapat na tumanggap ng mga pagpapala ng Diyos at tanggapin ang Kanyang mga pangako. Yaong mga nakakakilala sa Diyos ay mga kaniig ng Diyos, at yaong mga hindi nakakakilala sa Diyos ay hindi matatawag na mga kaniig ng Diyos; ang mga kaniig ng Diyos ay maaaring tumanggap ng anuman sa mga pagpapala sa Diyos, ngunit yaong mga hindi Niya kaniig ay hindi karapat-dapat sa anuman sa

Kanyang gawain. Mga kapighatian man ito, pagpipino, o paghatol, lahat ng bagay na ito ay para tulutan ang tao na magkamit sa huli ng kaalaman tungkol sa Diyos, at nang sa gayon ay magpasakop ang tao sa Diyos. Ito ang tanging epektong makakamtan sa huli. Wala sa tatlong yugto ng gawain ang nakatago, at makakabuti ito sa kaalaman ng tao tungkol sa Diyos, at tinutulungan nito ang tao na magtamo ng mas ganap at lubos na kaalaman tungkol sa Diyos. Lahat ng gawaing ito ay kapaki-pakinabang sa tao.

Ang gawain ng Diyos Mismo ay ang pangitaing kailangang malaman ng tao, sapagkat ang gawain ng Diyos ay hindi maaaring magawa ng tao, at hindi taglay ng tao. Ang tatlong yugto ng gawain ay ang kabuuan ng pamamahala ng Diyos, at wala nang mas dakilang pangitain na dapat malaman ng tao. Kung hindi alam ng tao ang makapangyarihang pangitaing ito, hindi madaling makilala ang Diyos, hindi madaling maunawaan ang kalooban ng Diyos, at, bukod pa ryan, ang landas na tinatahak ng tao ay lalong magiging mahirap. Kung walang mga pangitain, hindi sana nakaya ng tao na makaabot nang ganito kalayo. Ang mga pangitain ang nangangalaga sa tao hanggang ngayon, at nagbigay ng pinakamalaking proteksyon sa tao. Sa hinaharap, kailangang lumalim ang inyong kaalaman, at kailangan ninyong malaman ang kabuuan ng Kanyang kalooban at ang kakanyahan ng Kanyang matalinong gawain sa loob ng tatlong yugto ng gawain. Ito lamang ang inyong tunay na tayog. Ang huling yugto ng gawain ay hindi tumatayong mag-isa, kundi bahagi ng buo na magkasamang hinulma ng naunang dalawang yugto, na ibig sabihin ay imposibleng makumpleto ang buong gawain ng pagliligtas sa paggawa lamang ng isa sa tatlong yugto ng gawain. Kahit kayang lubos na iligtas ng huling yugto ng gawain ang tao, hindi nito ibig sabihin na kailangan lamang isagawa ang iisang yugtong ito nang mag-isa, at na hindi kinakailangan ang naunang dalawang yugto ng gawain para iligtas ang tao mula sa impluwensya ni Satanas. Walang iisang yugto ng tatlong yugto ang maaaring ipakita bilang tanging pangitaing kailangang malaman ng buong sangkatauhan, sapagkat ang kabuuan ng gawain ng pagliligtas ang tatlong yugto ng gawain, hindi ang iisang yugto nila. Basta't hindi pa naisasakatuparan ang gawain ng pagliligtas hindi ganap na matatapos ang pamamahala ng Diyos. Ang katauhan ng Diyos, Kanyang disposisyon, at Kanyang karunungan ay ipinapahayag sa kabuuan ng gawain ng pagliligtas; hindi inihahayag ang mga ito sa tao sa simula pa lamang, kundi unti-unting naipahayag sa gawain ng pagliligtas. Bawat yugto ng gawain ng pagliligtas ay nagpapahayag ng bahagi ng disposisyon ng Diyos, at bahagi ng Kanyang katauhan; walang isang yugto ng gawain ang maaaring tuwiran at ganap na magpahayag ng kabuuan ng katauhan ng Diyos. Dahil dito, maaari lamang matapos nang lubusan ang gawain ng pagliligtas kapag natapos na ang tatlong yugto ng gawain, kaya nga ang kaalaman ng tao tungkol sa kabuuan ng Diyos ay hindi maihihiwalay mula sa tatlong yugto ng gawain ng Diyos. Ang natatamo ng tao mula sa isang yugto ng gawain ay ang disposisyon lamang ng Diyos na ipinapahayag sa iisang bahagi ng Kanyang gawain. Hindi ito maaaring kumatawan sa disposisyon at katauhang ipinapahayag sa mga yugto bago o pagkatapos nito. Iyan ay dahil sa ang gawain ng pagliligtas sa

sangkatauhan ay hindi matatapos kaagad sa isang panahon, o sa isang lugar, kundi unti-unting mas lumalalim ayon sa antas ng pag-unlad ng tao sa magkakaibang panahon at lugar. Ito ay gawaing isinasagawa sa paisa-isang yugto, at hindi natatapos sa iisang yugto. Kaya, ang buong karunungan ng Diyos ay nabubuo sa tatlong yugto, sa halip na sa isang indibiduwal na yugto. Ang Kanyang buong katauhan at buong karunungan ay inilalatag sa tatlong yugtong ito, at bawat yugto ay naglalaman ng Kanyang katauhan, at bawat yugto ay isang tala ng karunungan ng Kanyang gawain. Dapat malaman ng tao ang buong disposisyon ng Diyos na ipinapahayag sa tatlong yugtong ito. Lahat ng tungkol sa katauhan ng Diyos ay napakahalaga sa buong sangkatauhan, at kung wala ang kaalamang ito sa mga tao kapag sumasamba sila sa Diyos, wala silang ipinagkaiba sa mga sumasamba kay Buddha. Ang gawain ng Diyos sa tao ay hindi itinatago sa tao, at dapat malaman ng lahat ng sumasamba sa Diyos. Dahil naisagawa ng Diyos ang tatlong yugto ng gawain ng pagliligtas sa tao, dapat malaman ng tao ang pagpapahayag kung ano ang mayroon Siya at kung ano Siya sa panahon ng tatlong yugtong ito ng gawain. Ito ang kailangang gawin ng tao. Ang itinatago ng Diyos sa tao ay yaong hindi kayang magawa ng tao, at yaong hindi dapat malaman ng tao, samantalang yaong ipinapakita ng Diyos sa tao ay yaong dapat malaman ng tao, at yaong dapat taglayin ng tao. Bawat isa sa tatlong yugto ng gawain ay isinasagawa ayon sa pundasyon ng naunang yugto; hindi ito isinasagawa nang paisa-isa, na hiwalay sa gawain ng pagliligtas. Bagama't may malalaking pagkakaiba sa kapanahunan at sa gawaing isinasagawa, nasa sentro pa rin nito ang pagliligtas sa sangkatauhan, at bawat yugto ng gawain ng pagliligtas ay mas malalim kaysa sa huli. Bawat yugto ng gawain ay nagpapatuloy mula sa pundasyon ng huli, na hindi tinanggal. Sa ganitong paraan, sa Kanyang gawain na laging bago at hindi kailanman luma, patuloy na ipinapahayag ng Diyos ang mga aspeto ng Kanyang disposisyon na hindi pa naipahayag sa tao kailanman, at palaging inihahayag sa tao ang Kanyang bagong gawain at Kanyang bagong katauhan, at kahit ginagawa ng matatagal nang miyembro ng relihiyon ang lahat para labanan ito, at hayagan itong kinontra, laging gumagawa ang Diyos ng bagong gawain na layon Niyang gawin. Ang Kanyang gawain ay laging nagbabago, at dahil dito, lagi itong kinontra ng tao. Kaya lagi ring nagbabago ang Kanyang disposisyon, gayundin ang kapanahunan at mga tumatanggap ng Kanyang gawain. Bukod pa ryan, lagi Siyang gumagawa ng gawaing hindi pa kailanman nagawa dati, nagsasagawa rin ng gawain na sa tingin ng tao ay mukhang salungat sa gawaing ginawa dati, na laban dito. Nagagawa lamang tanggapin ng tao ang isang uri ng gawain, o isang paraan ng pagsasagawa, at mahirap para sa tao ang tanggapin ang gawain, o mga paraan ng pagsasagawa, na taliwas, o mas mataas, kaysa sa kanila. Ngunit ang Banal na Espiritu ay laging gumagawa ng bagong gawain, kaya nga may lumilitaw na sunud-sunod na grupo ng mga eksperto sa relihiyon na kumontra sa bagong gawain ng Diyos. Ang mga taong ito ay naging mga eksperto dahil mismo sa ang tao ay walang kaalaman kung paanong ang Diyos ay laging bago at hindi kailanman luma, at walang kaalaman tungkol

sa mga prinsipyo ng gawain ng Diyos, at, higit pa rian, walang kaalaman sa maraming paraan kung paano inililigtas ng Diyos ang tao. Dahil dito, hindi lubos na masabi ng tao kung ito ay gawaing nagmumula sa Banal na Espiritu, at kung ito ang gawain ng Diyos Mismo. Maraming tao ang nakakapit sa isang pag-uugali na, kung ang isang bagay ay umaayon sa mga salitang nauna, tinatanggap nila ito, at kung may mga pagkakaiba sa gawain noong araw, kinontra at tinatanggihan nila ito. Ngayon, hindi ba kayo sumusunod na lahat sa gayong mga prinsipyo? Ang tatlong yugto ng gawain ng pagliligtas ay hindi pa nagkaroon ng malaking epekto sa inyo, at may mga naniniwala na ang naunang dalawang yugto ng gawain ay isang pasanin na talagang hindi nila kailangang malaman. Iniisip nila na ang mga yugtong ito ay hindi dapat ipahayag sa masa at dapat bawiin sa lalong madaling panahon, upang hindi matakot ang mga tao sa naunang dalawang yugto ng tatlong yugto ng gawain. Naniniwala ang karamihan na hindi na kailangan pang ipaalam ang naunang dalawang yugto ng gawain, at hindi ito nakakatulong sa pagkilala sa Diyos—iyan ang akala ninyo. Ngayon, naniniwala kayong lahat na tamang kumilos sa ganitong paraan, ngunit darating ang araw na matatanto ninyo ang kahalagahan ng Aking gawain: Dapat ninyong malaman na wala Akong ginagawang anumang gawain na walang kabuluhan. Dahil ipinapahayag Ko ang tatlong yugto ng gawain sa inyo, kailangang maging kapaki-pakinabang ang mga ito sa inyo; dahil ang tatlong yugtong ito ng gawain ay nasa sentro ng buong pamamahala ng Diyos, kailangang magtuon dito ang lahat sa buong sansinukob. Balang araw, matatanto ninyong lahat ang kahalagahan ng gawaing ito. Dapat ninyong malaman na kinontra ninyo ang gawain ng Diyos, o ginagamit ninyo ang inyong sariling mga kuru-kuro upang sukatin ang gawain ngayon, dahil hindi ninyo alam ang mga prinsipyo ng gawain ng Diyos, at dahil sa inyong padalus-dalos na pagtrato sa gawain ng Banal na Espiritu. Ang inyong pagkontra sa Diyos at paghadlang sa gawain ng Banal na Espiritu ay sanhi ng inyong mga kuru-kuro at likas na kayabangan. Hindi ito dahil mali ang gawain ng Diyos, kundi dahil masyado kayong likas na masuwayin. Matapos masumpungan ang kanilang paniniwala sa Diyos, hindi man lamang masabi ng ilang tao nang may katiyakan kung saan nanggaling ang tao, subalit nangangahas silang magtalumpati sa publiko na sumusukat sa mga tama at mali sa gawain ng Banal na Espiritu. Sinesermonan pa nila ang mga apostol na mayroong bagong gawain ng Banal na Espiritu, na nagkokomento at nagsasalita nang wala sa lugar; napakababa ng kanilang pagkatao, at wala ni katiting na katinuan sa kanila. Hindi ba darating ang araw na itatakwil ng gawain ng Banal na Espiritu ang gayong mga tao, at susunugin ng mga apoy ng impiyerno? Hindi nila alam ang gawain ng Diyos, kundi sa halip ay pinipintasan ang Kanyang gawain, at sinusubukan ding turuan ang Diyos kung paano gumawa. Paano makikilala ng gayong mga taong wala sa katwiran ang Diyos? Nakikilala ng tao ang Diyos habang naghahanap at nagdaranas; hindi nakikilala ng tao ang Diyos sa pamamagitan ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng pamimintas ayon sa gusto niya. Kapag mas tumpak ang kaalaman ng mga tao tungkol sa Diyos, mas hindi nila Siya

kinontra. Sa kabilang dako, kapag mas kakaunti ang alam ng tao tungkol sa Diyos, mas malamang na kontrahin nila Siya. Ang iyong mga kuru-kuro, ang dati mong likas na pagkatao, at ang iyong pagkatao, ugali at moral na pananaw ang puhunan na ipinanlalaban mo sa Diyos, at habang mas tiwali ang iyong moralidad, kasuklam-suklam ang iyong mga katangian, at mababa ang iyong pagkatao, mas kaaway ka ng Diyos. Yaong mga nagtataglay ng matitinding kuru-kuro at may mapagmagaling na disposisyon ay mas lalo pang kinapopootan ng Diyos na nagkatawang-tao; ang gayong mga tao ang mga anticristo. Kung hindi naitama ang iyong mga kuru-kuro, palaging magiging laban sa Diyos ang mga ito; hindi ka magiging kaayon ng Diyos kailanman, at lagi kang malalayo sa Kanya.

Kapag isinantabi mo ang iyong mga lumang kuru-kuro, saka ka lamang magkakamit ng bagong kaalaman, subalit ang lumang kaalaman ay hindi kinakailangang maging katumbas ng mga lumang kuru-kuro. Ang “mga kuru-kuro” ay tumutukoy sa mga bagay na nawari ng tao na taliwas sa realidad. Kung ang lumang kaalaman ay wala na sa uso sa lumang kapanahunan at pinigilan ang tao sa pagpasok sa bagong gawain, ang gayong kaalaman ay isa ring kuru-kuro. Kung nagagawang unawain nang tama ng tao ang gayong kaalaman at maaaring makilala ang Diyos mula sa ilang iba’t ibang aspeto, na pinagsasama ang luma at ang bago, ang lumang kaalaman ay nagiging isang tulong sa tao, at nagiging batayan ng pagpasok ng tao sa bagong kapanahunan. Sa aral sa pagkilala sa Diyos, kinakailangan mong magpakadalubhasa sa maraming prinsipyo: paano pumasok tungo sa landas ng pagkilala sa Diyos, aling mga katotohanan ang kailangan mong maunawaan upang makilala ang Diyos, at paano mo aalisin ang iyong mga kuru-kuro at dating mga disposisyon upang makapagpasakop ka sa lahat ng mga plano ng bagong gawain ng Diyos. Kung ginagamit mo ang mga prinsipyong ito bilang pundasyon para mapakasok sa aral ng pagkilala sa Diyos, mas lalalim nang lalalim ang iyong kaalaman. Kung malinaw ang iyong kaalaman tungkol sa tatlong yugto ng gawain—na ibig sabihin, sa buong plano ng pamamahala ng Diyos—at kung kaya mong lubusang iugnay ang naunang dalawang yugto ng gawain ng Diyos sa kasalukuyang yugto, at makikita na ito ay gawaing ginawa ng isang Diyos, magkakaroon ka ng isang walang kasintatag na pundasyon. Ang tatlong yugto ng gawain ay ginawa ng isang Diyos; ito ang pinakadakilang pangitain, at ito ang tanging daan upang makilala ang Diyos. Ang tatlong yugto ay maaaring nagawa lamang ng Diyos Mismo, at walang taong maaaring makagawa ng gayong gawain para sa Kanya—na ibig sabihin ay ang Diyos lamang Mismo ang maaaring nakagawa ng Kanyang sariling gawain mula sa simula hanggang ngayon. Bagama’t ang tatlong yugto ng gawain ng Diyos ay naisakatuparan sa magkaibang kapanahunan at lugar, at bagama’t ang gawain ng bawat isa ay magkaiba, lahat ng iyon ay ginawa ng isang Diyos. Sa lahat ng pangitain, ito ang pinakadakilang pangitaing dapat malaman ng tao, at kung ganap itong mauunawaan ng tao, magagawa niyang tumayo nang matatag. Ngayon, ang pinakamalaking problemang kinakaharap ng iba-ibang relihiyon at denominasyon ay na hindi nila alam ang gawain ng Banal na

Espiritu, at hindi nila makita ang pagkakaiba sa pagitan ng gawain ng Banal na Espiritu at ng hindi gawain ng Banal na Espiritu—dahil dito, hindi nila masabi kung ang yugto ng gawaing ito, tulad ng huling dalawang yugto ng gawain, ay ginawa rin ng Diyos na Jehova. Bagama't sinusunod ng mga tao ang Diyos, karamihan ay hindi pa rin masabi kung ito ang tamang daan. Nag-aalala ang tao kung ang daan ito ang daan na personal na pinangunahan ng Diyos Mismo, at kung ang pagkakatawang-tao ng Diyos ay totoo, at karamihan sa mga tao ay wala pa ring ideya kung paano mahihiwatigan ang gayong mga bagay. Yaong mga sumusunod sa Diyos ay hindi matukoy ang daan, kaya nga ang mga mensaheng binibigkas ay babahagya ang epekto sa mga taong ito, at hindi kayang maging lubos na epektibo, kaya nga ito ay nakakaapekto sa pagpasok sa buhay ng gayong mga tao. Kung nakikita ng tao sa tatlong yugto ng gawain na isinagawa ng Diyos Mismo ang mga iyon sa magkaibang panahon, sa magkaibang lugar, at sa iba't ibang tao; kung nakikita ng tao na bagama't iba ang gawain, lahat ng iyon ay ginawa ng isang Diyos, at na dahil ito ay gawaing ginawa ng isang Diyos, tiyak na ito ay tama at walang mali, at na bagama't taliwas ito sa mga kuru-kuro ng tao, hindi maikakaila na gawain ito ng isang Diyos—kung tiyakang masasabi ng tao na gawain ito ng isang Diyos, ang mga kuru-kuro ng tao ay magiging maliliit na bagay lamang, na hindi karapat-dapat na banggitin. Dahil malabo ang mga pangitain ng tao, at dahil kilala lamang ng tao si Jehova bilang Diyos, at si Jesus bilang ang Panginoon, at nagdadalawang-isip sila tungkol sa Diyos na nagkatawang-tao ng ngayon, maraming tao ang nananatiling tapat sa gawain nina Jehova at Jesus, at puno sila ng mga kuru-kuro tungkol sa gawain ng ngayon, karamihan ng mga tao ay laging nagdududa, at hindi sineseryoso ang gawain ng ngayon. Walang mga kuru-kuro ang tao sa huling dalawang yugto ng gawain, na hindi nakikita. Iyan ay dahil hindi nauunawaan ng tao ang realidad ng huling dalawang yugto ng gawain, at hindi nasaksihan nang personal ang mga iyon. Ito ay dahil ang mga yugtong ito ng gawain ay hindi maaaring makita ayon sa iniisip ng tao ayon sa gusto niya; anuman ang maisip niya, walang mga katunayang magpapatunay sa gayong mga imahinasyon, at walang sinumang magtutuwid dito. Binibigyang-laya ng tao ang kanyang pag-uugali, nang hindi nag-iingat at hindi pinipigilan ang kanyang imahinasyon; walang mga katunayang magpapatotoo sa kanyang mga imahinasyon, kaya nga ang mga imahinasyon ng tao ay nagiging “katunayan,” may katunayan ang mga iyon o wala. Sa gayon ay naniniwala ang tao sa sarili niyang Diyos na nabuo sa kanyang isipan, at hindi hinahanap ang Diyos ng realidad. Kung ang isang tao ay may isang uri ng paniniwala, sa isandaang tao ay may isandaang uri ng paniniwala. Ang tao ay nagtataglay ng gayong mga paniniwala dahil hindi pa niya nakita ang realidad ng gawain ng Diyos, dahil narinig lamang ito ng kanyang mga tainga at hindi nakita ng kanyang mga mata. Nakarinig na ang tao ng mga alamat at kuwento—ngunit bihira siyang makarinig ng kaalaman tungkol sa mga katunayan ng gawain ng Diyos. Sa gayon ang mga taong naging mga mananampalataya sa loob lamang ng isang taon ay naniniwala sa Diyos sa pamamagitan ng kanilang sariling mga kuru-kuro. Gayon din sa mga naniwala

sa Diyos nang buong buhay nila. Yaong mga hindi nakakakita sa mga katunayan ay hindi makakatakas kailanman mula sa isang pananampalataya kung saan mayroon silang mga kuru-kuro tungkol sa Diyos. Naniniwala ang tao na napalaya na niya ang kanyang sarili mula sa pagkabihag ng kanyang mga lumang kuru-kuro, at nakapasok na sa bagong teritoryo. Hindi ba alam ng tao na ang kaalaman ng mga hindi makakita sa tunay na mukha ng Diyos ay walang-iba kundi mga kuru-kuro at sabi-sabi? Iniisip ng tao na ang kanyang mga kuru-kuro ay tama at walang mali, at iniisip niya na ang mga kuru-kuro na ito ay nagmumula sa Diyos. Ngayon, kapag nasasaksihan ng tao ang gawain ng Diyos, malaya niyang ginagamit ang mga kuru-kuro na nabuo sa maraming taong nagdaan. Ang mga imahinasyon at ideya ng nakaraan ay naging hadlang sa gawain ng yugtong ito, at naging mahirap para sa tao na bitawan ang gayong mga kuru-kuro at pabulaanan ang gayong mga ideya. Ang mga kuru-kuro tungo sa paisa-isang hakbang ng gawaing ito ng marami sa mga nakasunod sa Diyos hanggang ngayon ay mas lalo pang tumindi, at ang mga taong ito ay unti-unting nakabuo ng matigas na pagkapoot sa Diyos na nagkatawang-tao. Ang pinagmulan ng kapootang ito ay nasa mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao. Ang mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao ay naging kaaway ng gawain ng ngayon, gawaing taliwas sa mga kuru-kuro ng tao. Nangyari ito dahil mismo sa mga katunayang hindi nagtulot sa tao na bigyang-laya ang kanyang imahinasyon, at, bukod pa rian, hindi ito madaling pabulaanan ng tao, at ang mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao ay hindi isinaalang-alang ang pag-iral ng mga katunayan, at, bukod pa rian, dahil hindi iniisip ng tao ang pagiging tama at pagiging totoo ng mga katunayan, at desidido lamang siyang bigyang-laya ang kanyang mga kuru-kuro at gamitin ang kanyang sariling imahinasyon. Masasabi lamang na kagagawan ito ng mga kuru-kuro ng tao, at hindi masasabing kagagawan ng gawain ng Diyos. Maaaring wariin ng tao ang anumang nais niya, ngunit hindi niya maaaring tutulan ang anumang yugto ng gawain ng Diyos o anumang bahagi nito; ang katunayan ng gawain ng Diyos ay hindi masisira ng tao. Maaari mong bigyang-laya ang iyong imahinasyon, at ipunin pa ang magagandang kuwento tungkol sa gawain nina Jehova at Jesus, ngunit hindi mo maaaring pabulaanan ang katunayan ng bawat yugto ng gawain nina Jehova at Jesus; ito ay isang prinsipyo, at isa rin itong atas administratibo, at dapat ninyong maunawaan ang kahalagahan ng mga isyung ito. Naniniwala ang tao na ang yugtong ito ng gawain ay hindi kaayon ng mga kuru-kuro ng tao, at na hindi ganito ang naunang dalawang yugto ng gawain. Sa kanyang imahinasyon, naniniwala ang tao na ang gawain ng naunang dalawang yugto ay siguradong hindi katulad ng gawain ng ngayon—ngunit naisip na ba ninyo na lahat ng prinsipyo ng gawain ng Diyos ay pare-pareho, na ang Kanyang gawain ay laging praktikal, at na, anuman ang kapanahunan, laging dadagsa ang mga taong lumalaban at kumontra sa katunayan ng Kanyang gawain? Lahat ng lumalaban at kumontra ngayon sa yugtong ito ng gawain ay walang-dudang kumontra na rin sa Diyos noong araw, sapagkat ang gayong mga tao ay laging magiging mga kaaway ng Diyos. Ituturing ng mga taong nakakaalam sa katunayan ng gawain ng Diyos

ang tatlong yugto ng gawain bilang gawain ng isang Diyos, at kalilimutan nila ang kanilang mga kuru-kuro. Ito ang mga taong kilala ang Diyos, at ang gayong mga tao ay yaong mga tunay na sumusunod sa Diyos. Kapag malapit nang magwakas ang buong pamamahala ng Diyos, ibubukod ng Diyos ang lahat ng bagay ayon sa uri. Ang tao ay ginawa ng mga kamay ng Lumikha, at sa huli ay kailangan Niyang ganap na ibalik ang tao sa ilalim ng Kanyang kapamahalaan; ito ang katapusan ng tatlong yugto ng gawain. Ang yugto ng gawain sa mga huling araw, at ang naunang dalawang yugto sa Israel at Judea, ay plano ng pamamahala ng Diyos sa buong sansinukob. Walang sinumang makapagkakaila rito, at ito ang katunayan ng gawain ng Diyos. Bagama't hindi pa naranasan o nasaksihan ng mga tao ang karamihan sa gawaing ito, ang mga katunayan ay mga katunayan pa rin, at hindi ito maikakaila ng sinumang tao. Ang mga taong naniniwala sa Diyos sa bawat lupain ng sansinukob ay tatanggaping lahat ang tatlong yugto ng gawain. Kung isang partikular na yugto lamang ng gawain ang alam mo, at hindi mo nauunawaan ang dalawa pang yugto ng gawain, hindi mo nauunawaan ang gawain ng Diyos noong nakalipas na mga panahon, hindi mo masasabi ang buong katotohanan ng buong plano ng pamamahala ng Diyos, at isang panig lamang ang iyong kaalaman tungkol sa Diyos, sapagkat sa iyong paniniwala sa Diyos hindi mo Siya kilala o nauunawaan, at hindi ka karapat-dapat na magpatotoo sa Diyos. Malalim man o mababaw ang iyong kasalukuyang kaalaman tungkol sa mga bagay na ito, sa huli, kailangan ninyong magkaroon ng kaalaman, at kailangang lubos kayong makumbinsi, at lahat ng tao ay makikita ang kabuuan ng gawain ng Diyos at magpapasakop sa ilalim ng kapamahalaan ng Diyos. Sa pagtatapos ng gawaing ito, lahat ng relihiyon ay magiging isa, lahat ng nilalang ay babalik sa ilalim ng kapamahalaan ng Lumikha, lahat ng nilalang ay sasambahin ang isang tunay na Diyos, at lahat ng masamang relihiyon ay mauuwi sa wala, hindi na muling lilitaw kailanman.

Bakit patuloy ang pagtukoy na ito sa tatlong yugto ng gawain? Ang paglipas ng mga kapanahunan, pag-unlad ng lipunan, at pagpapalit ng anyo ng kalikasan ay sumusunod na lahat sa mga pagbabago sa tatlong yugto ng gawain. Nagbabago ang sangkatauhan sa paglipas ng panahon kasabay ng gawain ng Diyos, at hindi umuunlad mag-isa. Binabanggit ang tatlong yugto ng gawain ng Diyos upang dalhin ang lahat ng nilalang, at lahat ng tao ng bawat relihiyon at denominasyon, sa ilalim ng kapamahalaan ng isang Diyos. Saanmang relihiyon ka nabibilang, sa huli ay magpapasakop kayong lahat sa ilalim ng kapamahalaan ng Diyos. Ang Diyos lamang Mismo ang maaaring magsagawa ng gawaing ito; hindi ito magagawa ng sinumang pinuno ng relihiyon. May ilang pangunahing relihiyon sa mundo, at bawat isa ay may sariling pinuno, o lider, at ang mga alagad ay nagkalat sa iba't ibang bansa at rehiyon sa buong mundo; halos bawat bansa, malaki man o maliit, ay may iba't ibang relihiyon sa loob nito. Gayunman, gaano man karami ang mga relihiyon sa buong mundo, lahat ng tao sa loob ng sansinukob ay umiiral sa huli sa ilalim ng patnubay ng isang Diyos, at ang kanilang pag-iral ay hindi ginagabayan ng mga pinuno o lider ng relihiyon. Ibig sabihin, ang sangkatauhan ay hindi

ginagabayan ng isang partikular na pinuno o lider ng relihiyon; sa halip, ang buong sangkatauhan ay pinamumunuan ng Lumikha, na lumikha ng kalangitan at lupa at lahat ng bagay, at lumikha rin sa sangkatauhan—at ito ay totoo. Bagama't ang mundo ay may ilang pangunahing relihiyon, gaano man kalaki ang mga ito, lahat sila ay umiiral sa ilalim ng kapamahalaan ng Lumikha, at walang isa man sa kanila ang makalalampas sa saklaw ng kapamahalaang ito. Ang pag-unlad ng sangkatauhan, pagpapalit ng lipunan, pag-unlad ng mga sangay ng siyensya patungkol sa pisikal na mundo—bawat isa ay hindi maihihiwalay mula sa mga plano ng Lumikha, at ang gawaing ito ay hindi isang bagay na magagawa ng sinumang pinuno ng relihiyon. Ang isang pinuno ng relihiyon ay pinuno lamang ng isang partikular na relihiyon, at hindi maaaring kumatawan sa Diyos, ni hindi nila maaaring katawanin ang Isa na lumikha ng kalangitan at lupa at lahat ng bagay. Ang isang pinuno ng relihiyon ay maaaring mamuno sa lahat ng nasa loob ng buong relihiyon, ngunit hindi nila mauutusan ang lahat ng nilalang sa silong ng kalangitan—tanggap ng buong sansinukob ang katunayang ito. Ang isang pinuno ng relihiyon ay isang pinuno lamang, at hindi makakapantay sa Diyos (ang Lumikha). Lahat ng bagay ay nasa mga kamay ng Lumikha, at sa katapusan ay babalik silang lahat sa mga kamay ng Lumikha. Ang sangkatauhan ay ginawa ng Diyos, at anuman ang relihiyon, bawat tao ay babalik sa ilalim ng kapamahalaan ng Diyos—hindi ito maiiwasan. Diyos lamang ang Kataas-taasan sa lahat ng bagay, at ang pinakamataas na pinuno sa lahat ng nilalang ay kailangan ding bumalik sa ilalim ng Kanyang kapamahalaan. Gaano man kataas ang katayuan ng isang tao, hindi niya madadala ang sangkatauhan sa isang angkop na hantungan, at walang sinumang nagagawang ibukod ang lahat ng bagay ayon sa uri. Si Jehova Mismo ang lumikha sa sangkatauhan at ibinukod ang bawat isa ayon sa uri, at pagdating ng mga huling araw ay gagawin pa rin Niya Mismo ang Kanyang sariling gawain, na ibinubukod ang lahat ng bagay ayon sa uri—ang gawaing ito ay hindi magagawa ng sinuman maliban sa Diyos. Ang tatlong yugto ng gawaing isinagawa sa simula pa lamang hanggang ngayon ay isinagawang lahat ng Diyos Mismo, at isinagawa ng isang Diyos. Ang katunayan ng tatlong yugto ng gawain ay ang katunayan ng pamumuno ng Diyos sa buong sangkatauhan, isang katunayang hindi maikakaila ng sinuman. Sa katapusan ng tatlong yugto ng gawain, lahat ng bagay ay ibubukod ayon sa uri at babalik sa ilalim ng kapamahalaan ng Diyos, sapagkat sa lahat ng dako ng buong sansinukob ay nag-iisa lamang ang umiiral na Diyos na ito, at wala nang iba pang mga relihiyon. Siya na walang kakayahang lumikha ng mundo ay walang kakayahang wakasan ito, samantalang Siya na lumikha ng mundo ay siguradong kayang wakasan ito. Samakatuwid, kung ang isang tao ay walang kakayahang wakasan ang kapanahunan at tinutulungan lamang ang tao na payabungin ang kanyang isipan, siguradong hindi siya ang Diyos, at siguradong hindi siya ang Panginoon ng sangkatauhan. Wala siyang kakayahang gawin ang gayon kadakilang gawain; isa lamang ang maaaring magsagawa ng gayong gawain, at lahat ng hindi makakagawa ng gawaing ito ay siguradong mga kaaway at hindi ang Diyos. Lahat ng

masamang relihiyon ay hindi nakaayon sa Diyos, at dahil hindi sila nakaayon sa Diyos, mga kaaway sila ng Diyos. Lahat ng gawain ay ginagawa ng isang tunay na Diyos na ito, at ang buong sansinukob ay inuutusan ng isang Diyos na ito. Gawain man Niya sa Israel o sa Tsina, sa Espiritu man o sa katawang-tao isinasagawa ang gawain, lahat ay ginagawa ng Diyos Mismo, at hindi magagawa ng sinupamang iba. Ito ay dahil mismo sa Siya ang Diyos ng buong sangkatauhan kaya malaya Siyang gumagawa, hindi pinipigilan ng anumang mga kundisyon—ito ang pinakadakila sa lahat ng pangitain. Bilang isang nilalang ng Diyos, kung nais mong gampanan ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos at nauunawaan mo ang kalooban ng Diyos, kailangan mong maunawaan ang gawain ng Diyos, kailangan mong maunawaan ang kalooban ng Diyos para sa mga nilalang, kailangan mong maunawaan ang Kanyang plano ng pamamahala, at kailangan mong maunawaan ang buong kabuluhan ng gawaing Kanyang ginagawa. Yaong mga hindi nakakaunawa rito ay mga hindi karapat-dapat na nilalang ng Diyos! Bilang isang nilalang ng Diyos, kung hindi mo nauunawaan kung saan ka nanggaling, hindi mo nauunawaan ang kasaysayan ng sangkatauhan at lahat ng gawaing ginawa ng Diyos, at, bukod pa ryan, hindi mo nauunawaan kung paano umunlad ang tao hanggang sa ngayon, at hindi mo nauunawaan kung sino ang nag-uutos sa buong sangkatauhan, wala kang kakayahang gampanan ang iyong tungkulin. Pinamumunuan na ng Diyos ang sangkatauhan hanggang ngayon, at simula nang likhain Niya ang tao sa lupa hindi na Niya siya iniwan. Hindi tumitigil kailanman ang Banal na Espiritu sa paggawa, hindi tumitigil kailanman sa paggabay sa sangkatauhan, at hindi iniwan kailanman ang sangkatauhan. Ngunit hindi natatanto ng sangkatauhan na may isang Diyos, lalo nang hindi niya kilala ang Diyos. Mayroon pa bang ibang mas nakakahiya kaysa rito para sa lahat ng nilalang ng Diyos? Personal na ginagabayan ng Diyos ang tao, ngunit hindi nauunawaan ng tao ang gawain ng Diyos. Ikaw ay isang nilalang ng Diyos, subalit hindi mo nauunawaan ang iyong sariling kasaysayan, at hindi mo namamalayan kung sino ang gumabay sa iyo sa iyong paglalakbay, nalilimutan mo ang mga gawaing ginagawa ng Diyos, kaya hindi mo makilala ang Diyos. Kung hindi mo pa rin alam ngayon, hindi ka magiging karapat-dapat kailanman na magpatotoo sa Diyos. Ngayon, minsan pang personal na ginagabayan ng Lumikha ang lahat ng tao, at hinahayaang mamasdan ng lahat ng tao ang Kanyang karunungan, pagiging makapangyarihan sa lahat, pagliligtas, at pagiging kamangha-mangha. Subalit hindi mo pa rin natatanto o nauunawaan—samakatuwid ay hindi ba ikaw ang hindi tatanggap ng kaligtasan? Yaong mga nabibilang kay Satanas ay hindi nauunawaan ang mga salita ng Diyos, samantalang yaong mga nabibilang sa Diyos ay naririnig ang tinig ng Diyos. Lahat ng nakakatanto at nakakaunawa sa mga salitang Aking sinasambit ang siyang maliligtas at magpapatotoo sa Diyos; lahat ng hindi nakakaunawa sa mga salitang Aking sinasambit ay hindi makapagpapatotoo sa Diyos, at sila yaong aalisin. Yaong mga hindi nauunawaan ang kalooban ng Diyos at hindi natatanto ang gawain ng Diyos ay walang kakayahang magkamit ng kaalaman tungkol sa Diyos, at ang gayong mga tao ay hindi magagawang

magpatotoo sa Diyos. Kung nais mong magpatotoo sa Diyos, kailangan mong makilala ang Diyos; ang kaalaman tungkol sa Diyos ay natutupad sa pamamagitan ng gawain ng Diyos. Sa kabuuan, kung nais mong makilala ang Diyos, kailangan mong malaman ang gawain ng Diyos: Ang pag-alam sa gawain ng Diyos ang pinakamahalaga. Kapag nagwakas na ang tatlong yugto ng gawain, magkakaroon ng isang grupo ng mga nagpapatotoo sa Diyos, isang grupo ng mga nakakakilala sa Diyos. Makikilala ng lahat ng taong ito ang Diyos at maisasagawa nila ang katotohanan. Magtataglay sila ng pagkatao at katinuan, at malalaman nilang lahat ang tatlong yugto ng gawain ng pagliligtas ng Diyos. Ito ang gawaing matutupad sa huli, at ang mga taong ito ang nabuo ng gawain ng 6,000 taon ng pamamahala, at ang pinakamakapangyarihang patotoo sa sukdulang pagkatalo ni Satanas. Yaong mga maaaring magpatotoo sa Diyos ay makatatanggap ng pangako at pagpapala ng Diyos, at magiging grupong mananatili sa pinakahuli, ang grupong nagtataglay ng awtoridad ng Diyos at nagpapatotoo sa Diyos. Marahil ay maaaring maging miyembrong lahat ng grupong ito yaong mga kasama ninyo, o marahil ay kalahati lamang, o ilan lamang—depende iyon sa gusto ninyo at hinahangad ninyo.

Mas Kinakailangan ng Tiwaling Sangkatauhan ang Pagliligtas ng Diyos na Nagkatawang-tao

Nagkatawang-tao ang Diyos dahil ang pakay ng Kanyang gawain ay hindi ang espiritu ni Satanas, o anumang bagay na walang katawan, kundi ang tao, na may laman at nagawa nang tiwali ni Satanas. Mismong dahil ang laman ng tao ay naging tiwali kaya ginawa ng Diyos ang tao na may laman bilang pakay ng Kanyang gawain; dagdag pa rito, dahil ang tao ang pakay ng katiwalian, ginawa ng Diyos ang tao na tanging layon ng Kanyang gawain sa lahat ng yugto ng Kanyang gawain ng pagliligtas. Ang tao ay isang mortal na nilalang, binubuo ng laman at dugo, at ang Diyos lamang ang Siyang makapagliligtas sa tao. Sa ganitong paraan, ang Diyos ay dapat maging isang katawang-tao na nagtataglay ng mga katangiang katulad ng sa tao upang magawa ang Kanyang gawain, upang matamo ng Kanyang gawain ang mas mahusay na mga epekto. Kailangang maging katawang-tao ang Diyos upang gawin ang Kanyang gawain mismong dahil ang tao ay sa laman, at walang kakayahang mapangibabawan ang kasalanan o hubaran ng laman ang kanyang sarili. Bagama't malaki ang pagkakaiba ng diwa at pagkakakilanlan ng Diyos na nagkatawang-tao sa diwa at pagkakakilanlan ng tao, ang Kanyang kaanyuan ay katulad pa rin ng sa tao; may kaanyuan Siya ng isang karaniwang tao, at namumuhay bilang isang karaniwang tao, at yaong mga nakakakita sa Kanya ay walang mapapansing pagkakaiba sa isang karaniwang tao. Sapat na ang karaniwang kaanyuan at karaniwang pagkatao na ito upang magawa Niya ang Kanyang maka-Diyos na gawain sa karaniwang pagkatao. Tinutulutan Siya ng Kanyang katawang-tao na magawa sa

karaniwang pagkatao ang Kanyang gawain, at tumutulong ito sa Kanya na gawin ang Kanyang gawain sa piling ng tao, at ang Kanyang karaniwang pagkatao, dagdag pa, ay tumutulong sa Kanya na isagawa ang gawain ng pagliligtas sa piling ng tao. Bagama't ang Kanyang normal na pagkatao ay naging sanhi ng malaking kaguluhan sa mga tao, ang ganoong kaguluhan ay hindi nakaapekto sa mga karaniwang kalalabasan ng Kanyang gawain. Sa madaling salita, ang gawain ng Kanyang normal na katawang-tao ay may sukdulang pakinabang sa tao. Bagama't hindi tinatanggap ng karamihan ng mga tao ang Kanyang karaniwang pagkatao, nakapagkakamit pa rin ng mga resulta ang Kanyang gawain, at ang mga epektong ito ay nakakamit dahil sa Kanyang normal na pagkatao. Ito ay hindi mapag-aalinlangan. Mula sa Kanyang gawain sa katawang-tao, nagkakamit ang tao ng sampung ulit o dose-dosenang ulit pang mga bagay kaysa sa mga kuru-kuro na umiiral sa mga tao tungkol sa Kanyang karaniwang pagkatao, at ang ganoong mga kuru-kuro, sa huli, ay lulunuking lahat ng Kanyang gawain. At ang epekto na nakamit na ng Kanyang gawain, na ang ibig sabihin ay ang kaalaman ng tao tungkol sa Kanya, ay higit na matimbang kaysa sa mga kuru-kuro ng tao tungkol sa Kanya. Walang paraan upang ipalagay o sukatin ang gawain na ginagawa Niya sa katawang-tao, dahil ang Kanyang katawang-tao ay hindi katulad ng sa sinumang taong may laman; bagama't magkatulad ang panlabas na kaanyuan, ang diwa ay hindi magkatulad. Ang Kanyang katawang-tao ay nagbubunga ng maraming kuru-kuro sa mga tao tungkol sa Diyos, ngunit ang Kanyang katawang-tao ay maaari ding magpahintulot sa tao na makakuha ng maraming kaalaman, at maaari pa ngang lumupig sa sinumang tao na nagtataglay ng isang katulad na panlabas na kaanyuan. Dahil Siya ay hindi lamang isang tao, kundi Diyos na may panlabas na kaanyuan ng isang tao, at walang maaaring ganap na makaarok o makaunawa sa Kanya. Minamahal at tinatanggap ng lahat ang isang hindi nakikita at hindi nahahawakang Diyos. Kung ang Diyos ay isa lamang Espiritu na hindi nakikita ng tao, napakadali para sa tao na maniwala sa Diyos. Mapapakawalan ng mga tao ang kanilang mga imahinasyon, maaari silang pumili ng anumang larawan na ibig nila bilang larawan ng Diyos upang mabigyang-kasiyahan ang kanilang mga sarili at makapagpaligaya sa kanila. Sa ganitong paraan, maaaring gawin ng tao ang anumang pinakaibig at pinakanais ipagawa sa kanila ng sarili nilang Diyos, nang walang anumang pag-aalinlangan. Higit pa rito, naniniwala ang mga tao na walang sinuman ang mas tapat at masugid kaysa sa kanila tungo sa Diyos, at na ang lahat ng iba pa ay mga asong Hentil, at di-matapat sa Diyos. Maaaring sabihin na ito ang hinahangad ng mga yaong ang paniniwala sa Diyos ay malabo at nakabatay sa doktrina; ang kanilang hinahanap ay magkakatulad halos, na may kaunting pagkakaiba. Magkakaiba lamang ang mga larawan ng Diyos sa kanilang imahinasyon, ngunit ang kanilang diwa sa katunayan ay magkatulad.

Ang tao ay hindi naliligalig ng kanyang walang-inaalalang paniniwala sa Diyos at naniniwala sa Diyos paano man niya naisin. Isa ito sa mga "karapatan at kalayaan ng tao," na walang sinuman ang maaaring manghimasok, dahil naniniwala ang mga tao sa

kanilang sariling Diyos at hindi sa Diyos ng kung sino pa man; ito ay ang kanilang sariling pribadong pag-aari, at halos lahat ay nagtataglay ng ganitong uri ng pribadong pag-aari. Itinuturing ng mga tao ang pag-aaring ito bilang mahalagang yaman, ngunit para sa Diyos ay wala nang mas mababa o walang halaga, sapagkat walang higit na malinaw na pahiwatig ng pagsalungat sa Diyos kaysa sa pribadong pag-aaring ito ng tao. Dahil sa gawain ng Diyos na nagkatawang-tao na ang Diyos ay nagiging katawang-tao na may isang nahahawakang anyo, at maaaring makita at mahawakan ng tao. Hindi Siya isang walang-hugis na Espiritu, kundi isang katawang-tao na maaaring makita at makaugnayan ng tao. Gayunman, karamihan ng mga Diyos na pinaniniwalaan ng mga tao ay mga walang-katawang diyos na walang hugis, na mga wala ring anyo. Sa ganitong paraan, ang Diyos na nagkatawang-tao ay naging kaaway na ng karamihan sa mga taong naniniwala sa Diyos, at yaong mga hindi makatanggap ng katotohanan ng pagkakatawang-tao ng Diyos ay tulad nilang naging mga kalaban ng Diyos. Nagtataglay ang tao ng mga kuru-kuro hindi dahil sa kanyang paraan ng pag-iisip, o dahil sa kanyang pagiging mapanghimagsik, kundi dahil sa pribadong pag-aari na ito ng tao. Namamatay ang karamihan ng mga tao dahil sa pag-aaring ito, at ang malabong Diyos na ito na hindi maaaring hawakan, hindi maaaring makita, at hindi umiiral sa realidad ang sumisira sa buhay ng tao. Naiwawala ang buhay ng tao hindi ng nagkatawang-taong Diyos, lalo na ng Diyos ng langit, kundi ng Diyos na sariling guni-guni ng tao. Ang tanging dahilan na ang nagkatawang-taong Diyos ay napatungo sa laman ay dahil sa mga pangangailangan ng tiwaling tao. Dahil ito sa mga pangangailangan ng tao, hindi ng Diyos, at ang lahat ng Kanyang mga pagpapakasakit at paghihirap ay alang-alang sa sangkatauhan, at hindi para sa kapakanan ng Diyos Mismo. Walang mga kalamangan o kahinaan o mga pabuya para sa Diyos; hindi Siya gagapas ng anumang ani sa hinaharap, kundi ng mga una nang pagkakautang sa Kanya. Ang lahat ng Kanyang ginagawa at mga ipinagpapakasakit para sa sangkatauhan ay hindi upang makapagkamit Siya ng malalaking pabuya, kundi lubos na alang-alang sa sangkatauhan. Bagama't sangkot sa gawain ng Diyos sa katawang-tao ang mga paghihirap na di-mailarawan sa isip, ang mga bunga na nakakamit nito sa huli ay labis na lampas sa mga gawaing tuwirang ginagawa ng Espiritu. Ang gawain ng katawang-tao ay nangangailangan ng matinding paghihirap, at ang katawang-tao ay hindi makapagtataglay ng katulad na dakilang pagkakakilanlan tulad ng Espiritu, hindi Siya maaaring magsagawa ng mga katulad na kahima-himalang mga gawa tulad ng Espiritu, at higit na hindi Siya maaaring magtaglay ng katulad na awtoridad tulad ng Espiritu. Ngunit ang diwa ng gawaing ginagawa ng karaniwang katawang-tao na ito ay lubhang nakahihigit sa gawain na tuwirang ginagawa ng Espiritu, at ang katawang-tao Niyang ito Mismo ang kasagutan sa mga pangangailangan ng buong sangkatauhan. Para sa mga ililigtas, ang halagang gamit ng Espiritu ay lubhang mas mababa kaysa sa katawang-tao: Nagagawa ng gawain ng Espiritu na lumukob sa buong sansinukob, sa lahat ng mga bundok, ilog, lawa, at karagatan, ngunit ang gawain ng katawang-tao ay higit na mabisang nauugnay sa bawat tao na nakakaugnayan Niya. Higit pa rito, ang

katawang-tao ng Diyos na may nahahawakang anyo ay maaaring higit na maunawaan at mapagkatiwalaan ng tao, at lalo pang makapagpapalalim sa kaalaman ng tao sa Diyos, at makapag-iwan sa tao ng mas malalim na impresyon ng mga aktuwal na gawa ng Diyos. Nababalot sa hiwaga ang gawain ng Espiritu; mahirap para sa mga mortal na nilalang na arukin ito, at higit na mahirap para sa kanila na makita, at kaya maaari lamang silang umasa sa mga hungkag na paglalarawan sa isip. Gayunman, ang gawain ng katawang-tao ay karaniwan, at batay sa realidad, at nagtataglay ng mayamang karunungan, at ito ay isang katunayan na maaaring makita ng pisikal na paningin ng tao; maaaring personal na maranasan ng tao ang karunungan ng gawain ng Diyos, at hindi kailangan na gamitin ang kanyang masaganang imahinasyon. Ito ang katumpakan at tunay na halaga ng gawain ng Diyos sa katawang-tao. Maaari lamang gumawa ang Espiritu ng mga bagay na hindi nakikita ng tao at mahirap para sa kanyang ilarawan sa isip, halimbawa ang kaliwanagan ng Espiritu, ang pagpukaw ng Espiritu, at ang patnubay ng Espiritu, ngunit para sa tao na may isip, ang mga ito ay hindi nagbibigay ng anumang malinaw na kahulugan. Nagbibigay lamang ang mga ito ng isang nagbabago, o isang malawakang kahulugan, at hindi maaaring magbigay ng isang tagubilin sa pamamagitan ng mga salita. Gayunman, ang gawain ng Diyos sa katawang-tao ay labis na naiiba: Nasasangkot dito ang tumpak na patnubay ng mga salita, may malinaw itong kalooban, at may malinaw na mga kinakailangang mithiin. At kaya't ang tao ay hindi kailangang mag-apuhap sa paligid, o gamitin ang kanyang imahinasyon, lalo na ang gumawa ng mga panghuhula. Ito ang kalinawan ng gawain sa katawang-tao, at ang malaking pagkakaiba nito sa gawain ng Espiritu. Angkop lamang ang gawain ng Espiritu para sa isang limitadong saklaw, at hindi maaaring pumalit sa gawain ng katawang-tao. Ang gawain ng katawang-tao ay nagbibigay sa tao ng mas tumpak at kinakailangang mga mithiin at higit na mas makatotohanan at mahalagang kaalaman kaysa sa gawain ng Espiritu. Ang pinakamahalagang gawain sa tiwaling tao ay yaong nagbibigay ng tumpak na mga salita, malinaw na mga mithiin na dapat pagsumikapang matamo, at na maaaring makita at mahawakan. Tanging makatotohanang gawain at napapanahong patnubay ang angkop sa panlasa ng tao, at tanging tunay na gawain ang makapagliligtas sa tao mula sa kanyang tiwali at napakasamang disposisyon. Maaari lamang itong makamit ng Diyos na nagkatawang-tao; tanging ang Diyos na nagkatawang-tao ang makapagliligtas sa tao mula sa kanyang dating tiwali at napakasamang disposisyon. Bagama't ang Espiritu ang likas na diwa ng Diyos, ang gawaing tulad nito ay maaari lamang gawin ng Kanyang katawang-tao. Kung ang Espiritu ay gumawa nang nag-iisa, hindi posible sa gayon na maging mabisa ang Kanyang gawain—ito ay isang payak na katotohanan. Bagama't karamihan ng mga tao ay naging mga kaaway na ng Diyos dahil sa katawang-tao na ito, kapag winakasan Niya na ang Kanyang gawain, yaong mga taong laban sa Kanya ay hindi lamang hihinto sa pagiging mga kaaway Niya, bagkus ay magiging mga saksi Niya. Magiging mga saksi sila na Kanya nang nalupig, mga saksi na kaayon Niya at hindi maihihiwalay sa Kanya. Magsasanhi Siya na malaman ng tao ang kahalagahan

ng Kanyang gawain sa katawang-tao sa tao, at malalaman ng tao ang kahalagahan ng katawang-tao na ito sa kahulugan ng pag-iral ng tao, malalaman ang Kanyang tunay na halaga sa paglago ng buhay ng tao, at, higit pa rito, malalaman na ang katawang-tao na ito ay magiging isang buhay na bukal ng buhay kung saan hindi makakaya ng tao na mapahiwalay. Bagama't ang nagkatawang-taong laman ng Diyos ay malayong tumugma sa pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos, at para sa tao ay tila hindi kaayon sa Kanyang tunay na katayuan, ang katawang-tao na ito, na hindi nagtataglay ng tunay na larawan ng Diyos, o ng tunay na pagkakakilanlan ng Diyos, ay maaaring gawin ang gawain na hindi nakakayang tuwirang gawin ng Espiritu ng Diyos. Gayon ang tunay na kabuluhan at halaga ng pagkakatawang-tao ng Diyos, at ito ang kabuluhan at halaga na hindi mapahalagahan at makilala ng tao. Bagama't lahat ng tao ay tumitingala sa Espiritu ng Diyos at hinahamak ang katawang-tao ng Diyos, paano man sila tumitingin o nag-iisip, malayong nahihigitan ng tunay na kabuluhan at halaga ng katawang-tao ang sa Espiritu. Mangyari pa, tungkol lamang ito sa tiwaling sangkatauhan. Para sa lahat na naghahangad ng katotohanan at nasasabik sa pagpapakita ng Diyos, ang gawain ng Espiritu ay makakapagbigay lamang ng pagpukaw o inspirasyon, at isang pagkaramdam ng pagkamangha na hindi ito maipaliliwanag at hindi mailalarawan ng isip, at isang pagkaramdam na ito ay dakila, kagila-gilalas, at kahanga-hanga, ngunit hindi rin maaaring makamit at matamo ng lahat. Ang tao at ang Espiritu ng Diyos ay maaari lamang tumingin sa isa't isa mula sa malayo, na tila ba may napakalawak na agwat sa kanilang pagitan, at sila kailanman ay hindi maaaring maging magkatulad, na tila ba ang tao at ang Diyos ay pinaghiwalay ng isang di-nakikitang pagitan. Sa katunayan, ito ay isang ilusyon na ibinibigay ng Espiritu sa tao, dahil ang Espiritu at ang tao ay hindi magkatulad ng uri at hindi kailanman magkasamang iiral sa parehong mundo, at dahil ang Espiritu ay hindi nagtataglay ng anuman sa tao. Kaya ang tao ay hindi nagtataglay ng pangangailangan sa Espiritu, sapagkat ang Espiritu ay hindi tuwirang magagawa ang gawain na pinakakinakailangan ng tao. Ang gawain ng katawang-tao ay nag-aalok sa tao ng tunay na mga layunin upang hangaring matamo, malinaw na mga salita, at isang pakiramdam na Siya ay tunay at normal, na Siya ay mapagpakumbaba at karaniwan. Bagama't maaaring matakot ang tao sa Kanya, para sa karamihan ng mga tao Siya ay madaling makaugnay: Maaaring masdan ng tao ang Kanyang mukha, at marinig ang Kanyang tinig, at hindi niya Siya kailangang tingnan mula sa malayo. Nararamdaman ng tao na madaling lapitan ang katawang-taong ito, hindi malayo; o di-maarok, bagkus ay nakikita at nahahawakan, dahil ang katawang-tao na ito ay nasa kaparehong mundo ng tao.

Para sa lahat ng nabubuhay sa laman, ang pagbabago ng kanilang disposisyon ay nangangailangan ng mga mithiing hahangarin, at ang pagkilala sa Diyos ay nangangailangan ng pagsaksi sa tunay na mga gawa at tunay na mukha ng Diyos. Matatamo lamang ang dalawang ito ng katawang-tao ng Diyos, at maisasakatuparan lamang ang dalawang ito ng normal at tunay na katawang-tao. Ito ang dahilan kung bakit kailangan ang pagkakatawang-tao, at kung bakit ito kailangan ng lahat ng tiwaling

sangkatauhan. Dahil kinakailangang makilala ng mga tao ang Diyos, kailangang maiwaksi sa kanilang mga puso ang mga larawan ng malabo at higit-sa-karaniwang mga Diyos, at dahil hinihinging alisin nila ang kanilang tiwaling disposisyon, dapat muna nilang malaman ang kanilang tiwaling disposisyon. Kung gagawin lamang ng tao ang gawain para maiwaksi mula sa puso ng mga tao ang mga larawan ng malalabong Diyos, mabibigo siyang makamit ang wastong epekto. Hindi mailalantad, maitatakwil, o ganap na mapapaalis ng mga salita lamang ang mga larawan ng malalabong Diyos sa puso ng mga tao. Sa huli, hindi pa rin posibleng iwaksi sa paggawa nito ang mga bagay na malalim na nakaugat sa mga tao. Makakamit lamang ang angkop na epekto kapag napalitan ng praktikal na Diyos at ng tunay na larawan ng Diyos ang malalabo at di-pangkaraniwang mga bagay na ito, at mahikayat ang mga tao na unti-unting malaman ang mga ito. Kinikilala ng tao na malabo at hindi pangkaraniwan ang Diyos na kanyang hinangad ng mga nakaraang panahon. Ang may kakayahang makapagkamit ng epektong ito ay hindi ang tuwirang pamumuno ng Espiritu, lalong hindi ang mga aral ng isang partikular na indibidwal, kundi ang Diyos na nagkatawang-tao. Nailalantad ang mga kuru-kuro ng tao kapag opisyal na ginagawa ng Diyos na nagkatawang-tao ang Kanyang gawain, sapagkat ang pagiging normal at ang realidad ng Diyos na nagkatawang-tao ay ang kabaligtaran ng malabo at di-pangkaraniwang Diyos sa imahinasyon ng tao. Maihahayag lamang ang orihinal na mga kuru-kuro ng tao kapag naihambing sa Diyos na nagkatawang-tao. Kung wala ang paghahambing sa Diyos na nagkatawang-tao, hindi maihahayag ang mga kuru-kuro ng tao; sa madaling salita, kung walang realidad bilang panghambing, hindi maihahayag ang malalabong bagay. Walang may kakayahang gumamit ng mga salita upang gawin ang gawaing ito, at walang sinuman ang may kakayahang magsalita nang maliwanag sa gawaing ito gamit ang mga salita. Tanging ang Diyos Mismo ang makakagawa ng Kanyang sariling gawain, at wala nang iba pa ang makakagawa ng gawaing ito sa ngalan Niya. Gaano man kayaman ang wika ng tao, hindi niya kayang sabihin nang maliwanag ang realidad at pagiging normal ng Diyos. Maaari lamang makilala ng tao ang Diyos nang higit na praktikal, at maaari lamang Siyang makita nang higit na malinaw, kung personal na gagawa ang Diyos sa tao at ganap na ipakikita ang Kanyang larawan at pagiging Diyos. Hindi makakamtan ang epekto na ito ng sinumang tao na nilikha sa laman. Mangyari pa, wala ring kakayahan ang Espiritu ng Diyos na makamit ang epektong ito. Makakayang iligtas ng Diyos ang tiwaling tao mula sa impluwensya ni Satanas, ngunit hindi makakayang tuwirang gawin ng Espiritu ng Diyos ang gawaing ito; sa halip, makakaya lamang itong gawin ng katawang-tao na suot ng Espiritu ng Diyos, ng nagkatawang-taong laman ng Diyos. Tao at Diyos din ang katawang-tao na ito, isang tao na nagtataglay ng normal na pagkatao at Diyos din na nagtataglay ng buong pagka-Diyos. At sa gayon, bagama't ang katawang-taong ito ay hindi ang Espiritu ng Diyos, at lubos na naiiba sa Espiritu, ito pa rin ang Diyos Mismo na nagkatawang-tao na nagliligtas sa tao, ang Espiritu at ang katawang-tao rin. Anuman ang tawag sa Kanya, sa huli ay ito pa rin ang Diyos Mismo na nagliligtas

sa sangkatauhan. Sapagkat ang Espiritu ng Diyos ay hindi mapaghihiwalay mula sa katawang-tao, at ang gawain ng katawang-tao ay ang gawain din ng Espiritu ng Diyos; nangyari lamang na ang gawaing ito ay hindi ginagawa gamit ang pagkakakilanlan ng Espiritu, bagkus ay ginagawa gamit ang pagkakakilanlan ng katawang-tao. Ang gawain na kailangang tuwirang gawin ng Espiritu ay hindi nangangailangan ng pagkakatawang-tao, at ang gawain na kailangang gawin ng katawang-tao ay hindi maaaring gawin nang tuwiran ng Espiritu, at maaari lamang gawin ng Diyos na nagkatawang-tao. Ito ang kinakailangan para sa gawaing ito, at ito ang kinakailangan ng tiwaling sangkatauhan. Sa tatlong yugto ng gawain ng Diyos, isang yugto lamang ang tuwirang isinagawa ng Espiritu, at isinasagawa ng Diyos na nagkatawang-tao ang natitirang dalawang yugto, at hindi tuwiran ng Espiritu. Hindi kabilang ang pagbabago ng tiwaling disposisyon ng tao sa gawain ng Kapanahunan ng Kautusan na ginawa ng Espiritu, at wala rin itong kaugnayan sa kaalaman ng tao sa Diyos. Gayunman, ang gawain ng katawang-tao ng Diyos sa Kapanahunan ng Biyaya at sa Kapanahunan ng Kaharian ay kinapapalooban ng tiwaling disposisyon ng tao at ng kanyang kaalaman tungkol sa Diyos, at isang mahalaga at maselang bahagi ng gawain ng pagliligtas. Samakatuwid, higit na kinakailangan ng tiwaling sangkatauhan ang pagliligtas ng Diyos na nagkatawang-tao, at higit na nangangailangan ng tuwirang gawain ng Diyos na nagkatawang-tao. Kinakailangan ng sangkatauhan ang Diyos na nagkatawang-tao upang patnubayan siya, alalayan siya, diligin siya, pakainin siya, hatulan at kastiguhin siya, at nangangailangan siya ng higit na biyaya at lalong higit na pagtubos mula sa Diyos na nagkatawang-tao. Tanging ang Diyos sa katawang-tao ang makakayang maging katiwalang-loob ng tao, ang pastol ng tao, ang laging handang pagsaklolo sa tao, at ang lahat ng ito ay ang pangangailangan ng pagkakatawang-tao ngayon at sa mga lumipas na panahon.

Nagawa nang tiwali ni Satanas ang tao at siya ang pinakamataas sa lahat ng nilalang ng Diyos, kaya nangangailangan ang tao ng pagliligtas ng Diyos. Tao, hindi si Satanas, ang pakay ng pagliligtas ng Diyos, at ang maliligtas ay ang laman ng tao, at ang kaluluwa ng tao, at hindi ang demonyo. Si Satanas ang layon ng paglipol ng Diyos, ang tao ang layon ng pagliligtas ng Diyos, at nagawa nang tiwali ni Satanas ang laman ng tao, kaya't ang laman ng tao ang unang dapat na ililigtas. Malalimang nagawang tiwali ang laman ng tao, at naging isang bagay ito na lumalaban sa Diyos, kung kaya't lantaran pa nga itong sumasalungat at nagtatatwa sa pag-iral ng Diyos. Sadyang napakahirap nang mapaamo ang tiwaling laman na ito, at wala nang higit na mahirap pakitunguhan o baguhin kaysa sa tiwaling disposisyon ng laman. Pumapaloob si Satanas sa laman ng tao upang magpasimula ng mga kaguluhan, at ginagamit nito ang laman ng tao upang gambalain ang gawain ng Diyos, at pinsalain ang plano ng Diyos, at sa gayon ay naging si Satanas ang tao, at naging kaaway ng Diyos. Upang mailigtas ang tao, dapat muna siyang malupig. Ito ang dahilan kung bakit humaharap sa hamon ang Diyos at nagsasakatawang-tao upang gawin ang gawain na nilalayon Niyang gawin, at upang

labanan si Satanas. Ang Kanyang layunin ay ang kaligtasan ng tao, na naging tiwali, at ang pagkagapi at pagkalipol ni Satanas, na naghihimagsik laban sa Kanya. Nagagapi Niya si Satanas sa pamamagitan ng Kanyang gawain ng panlulupig sa tao, at kasabay na inililigtas ang tiwaling sangkatauhan. Kaya't isang gawain ito na sabay nakakamit ang dalawang layunin. Kumikilos Siya sa katawang-tao, at nagsasalita sa katawang-tao, at isinasagawa ang lahat ng gawain sa katawang-tao upang higit na mahusay na makipag-ugnayan sa tao, at higit na mahusay na malupig ang tao. Sa huling pagkakataon na nagkakatawang-tao ang Diyos, ang Kanyang gawain sa mga huling araw ay matatapos sa katawang-tao. Pagbubukud-bukurin Niya ang lahat ng tao ayon sa uri, tatapusin ang Kanyang buong pamamahala, at tatapusin din ang lahat ng Kanyang gawain sa katawang-tao. Pagkaraang matapos ang lahat ng Kanyang gawain sa lupa, ganap na Siyang matagumpay. Sa paggawa sa katawang-tao, ganap na malulupig ng Diyos ang sangkatauhan, at ganap na makakamit ang sangkatauhan. Hindi ba ito nangangahulugan na parating na sa katapusan ang Kanyang buong pamamahala? Kapag winakasan na ng Diyos ang Kanyang gawain sa katawang-tao, dahil lubos na Niyang nagapi si Satanas at naging matagumpay, mawawalan na ng pagkakataon si Satanas na gawing tiwali ang tao. Ang gawain ng unang pagkakatawang-tao ng Diyos ay ang pagtubos at kapatawaran ng mga kasalanan ng tao. Ito ngayon ang gawain ng paglupig at ganap na pagkakamit ng sangkatauhan, upang hindi na magkaroon ng anumang mga paraan si Satanas upang gawin ang gawain nito, at ganap nang magapi, at magiging ganap na matagumpay ang Diyos. Ito ang gawain ng katawang-tao, at ang gawain na ginawa ng Diyos Mismo. Ang paunang gawain ng tatlong yugto ng gawain ng Diyos ay tuwirang ginawa ng Espiritu, at hindi ng katawang-tao. Gayunman, ang huling gawain ng tatlong yugto ng gawain ng Diyos ay ginagawa ng Diyos na nagkatawang-tao, at hindi tuwiran ng Espiritu. Ang gawain ng pagtubos sa namamagitang yugto ay ginawa din ng Diyos sa katawang-tao. Sa buong gawain ng pamamahala, ang pinakamahalagang gawain ay ang mailigtas ang tao mula sa impluwensya ni Satanas. Ang pinakamahalagang gawain ay ang ganap na paglupig sa tiwaling tao, sa gayon ay mapanunumbalik ang naunang paggalang sa Diyos sa puso ng nalupig na tao, at matutulutan siyang makamit ang isang normal na buhay, na ang ibig sabihin ay ang normal na buhay ng isang nilikha ng Diyos. Mahalaga ang gawaing ito, at ito ang sentro ng gawain ng pamamahala. Sa tatlong yugto ng gawain ng pagliligtas, ang unang yugto ng gawain ng Kapanahunan ng Kautusan ay malayo sa sentro ng gawain ng pamamahala; may bahagyang pagpapakita lamang ito ng gawain ng pagliligtas, at hindi ang simula ng gawain ng pagliligtas ng Diyos sa tao mula sa sakop ni Satanas. Tuwirang ginawa ng Espiritu ang unang yugto ng gawain dahil, sa ilalim ng kautusan, pagsunod sa kautusan ang tanging alam ng tao, at hindi nagkaroon ng higit na maraming katotohanan ang tao, at sapagka't halos hindi nasangkutan ng mga pagbabago ng disposisyon ng tao ang gawain sa Kapanahunan ng Kautusan, lalong hindi ito nagsaalang-alang sa gawain kung paano maliligtas ang tao mula sa sakop ni Satanas. Kung kaya ginawang ganap ng Espiritu ng Diyos itong

sukdulang payak na yugto ng gawain na walang kinalaman sa tiwaling disposisyon ng tao. May maliit na kaugnayan lamang ang bahaging ito ng gawain sa sentro ng pamamahala, at walang malaking ugnayan sa opisyal na gawain ng pagliligtas sa tao, at sa gayon ay hindi kinailangan ng Diyos na maging katawang-tao upang personal na gawin ang Kanyang gawain. Mapagpahiwatig at hindi maarok ang gawain na ginagawa ng Espiritu, at ito ay kakila-kilabot at hindi malapitan ng tao; hindi naaangkop ang Espiritu sa tuwirang paggawa ng gawain ng pagliligtas, at hindi angkop sa tuwirang pagbibigay-buhay sa tao. Ang pinakaangkop para sa tao ay ang pagbabagong-anyo ng gawain ng Espiritu sa isang paraang malapit sa tao, na ang ibig sabihin, kung ano ang pinakaangkop para sa tao ay maging isang ordinaryo, karaniwang katauhan ang Diyos upang gawin ang Kanyang gawain. Nangangailangan ito na magkatawang-tao ang Diyos upang halinhan ang Espiritu sa Kanyang gawain, at para sa tao, wala nang higit na angkop na paraan upang gumawa ang Diyos. Sa tatlong yugtong ito ng gawain, dalawang yugto ang isinasagawa sa katawang-tao, at ang dalawang yugtong ito ang mahahalagang bahagi ng gawain ng pamamahala. Tumutulong sa isa't isa ang dalawang pagkakatawang-tao at ganap na pinupunan ang isa't isa. Ang unang yugto ng pagkakatawang-tao ng Diyos ang naglatag ng pundasyon para sa ikalawang yugto, at masasabi na ang dalawang anyo ng pagkakatawang-tao ng Diyos ay bumubuo ng isang kabuuan, at hindi nagsasalungatan sa isa't isa. Isinasagawa ng Diyos sa Kanyang pagkakakilanlan bilang katawang-tao ang dalawang yugto ng gawain ng Diyos dahil napakahalaga ng mga ito sa buong gawain ng pamamahala. Halos masasabi na kung wala ang gawain ng dalawang pagkakatawang-tao ng Diyos, mahihinto ang buong gawain ng pamamahala, at magiging walang anuman kundi walang saysay na salita ang gawain ng pagliligtas sa sangkatauhan. Nakabatay sa mga pangangailangan ng sangkatauhan kung mahalaga o hindi ang gawain na ito, at sa realidad ng kabuktutan ng sangkatauhan, at sa kalubhaan ng pagsuway ni Satanas at sa panggugulo nito sa gawain. Ang tamang tao para sa gawain ay nakasalalay sa kalikasan ng gawaing ginagampanan ng manggagawa, at ang kahalagahan ng gawain. Pagdating sa kahalagahan ng gawaing ito, sa kung anong paraan ng gawain ang gagamitin—gawaing tuwirang ginawa ng Espiritu ng Diyos, o gawaing ginawa ng Diyos na nagkatawang-tao, o gawaing tinapos sa pamamagitan ng tao—ang unang aalisin ay ang gawain na ginampanan sa pamamagitan ng tao, at, batay sa kalikasan ng gawain, at sa kalikasan ng gawain ng Espiritu laban sa yaong sa katawang-tao, napagpasyahan sa huli na higit na kapaki-pakinabang para sa tao ang gawaing ginawa sa katawang-tao kaysa sa gawain na tuwirang ginawa ng Espiritu, at nag-aalok ito ng higit na mga pakinabang. Ito ang kaisipan ng Diyos sa oras na nagpapasya Siya kung ang gawain ay gagawin ng Espiritu o ng katawang-tao. May isang kabuluhan at isang batayan sa bawat yugto ng gawain. Hindi paglalarawan sa isip nang walang batayan ang mga ito, ni isinasagawa nang walang pakundangan; may tiyak na karunungan sa mga ito. Gayon ang totoong kalagayan sa likod ng lahat ng gawain ng Diyos. Sa partikular, may higit pa sa plano ng

Diyos sa gayong kadakilang gawain kung saan personal na gumagawa sa gitna ng tao ang Diyos na nagkatawang-tao. Samakatwid, ang karunungan ng Diyos at ang kabuuan ng Kanyang pagiging Diyos ay nasasalamín sa bawat kilos, pag-iisip, at ideya sa Kanyang gawain; ito ang higit na kongkreto at sistematikong pagiging Diyos ng Diyos. Napakahirap para sa tao na ilarawan sa isip ang mga banayad na saloobin at ideya, at mahirap para sa tao na paniwalaan, at, higit pa rito, mahirap para sa tao na malaman. Ginagawa ang gawaing ginawa ng tao ayon sa pangkalahatang prinsipyo, na, para sa tao, ay lubos na kasiya-siya. Ngunit kung ihahambing sa gawain ng Diyos, may sadyang napakalaking pagkakaiba; bagama't dakila ang mga gawa ng Diyos at nasa isang kagilagilalas na antas ang gawain ng Diyos, maraming mumunti at eksaktong mga plano at mga pagsasaayos sa likod ng mga ito na hindi mailarawan ng isip ng tao. Hindi lamang ayon sa prinsipyo ang bawat yugto ng Kanyang gawain, ngunit naglalaman din ng maraming bagay na hindi makakayang masabi nang maliwanag sa pamamagitan ng wika ng tao, at ang mga ito ay ang mga bagay na hindi nakikita ng tao. Gawain man ito ng Espiritu o gawain ng Diyos na nagkatawang-tao, naglalaman ang bawat isa ng mga plano ng Kanyang gawain. Hindi Siya gumagawa nang walang batayan, at hindi Siya gumagawa ng walang-kabuluhang gawain. Kapag tuwirang gumagawa ang Espiritu, dahil ito ay sa Kanyang mga mithiin, at kapag Siya ay nagiging tao (na ang ibig sabihin, kapag nagbabagong-anyo ang Kanyang panlabas na kaanyuan) upang gumawa, ito ay higit pa na naglalaman ng Kanyang layunin. Bakit pa Niya kaagad na babaguin ang Kanyang pagkakakilanlan? Bakit pa Siya kaagad na magiging isang tao na hinahamak at inuusig?

May sukdulang kabuluhan ang Kanyang gawain sa katawang-tao, na sinasabi tungkol sa gawain, at ang Siya na sa huli ay tumatapos sa gawain ay ang Diyos na nagkatawang-tao, at hindi ang Espiritu. Naniniwala ang ilan na maaaring pumarito sa lupa ang Diyos sa isang hindi pa batid na panahon at magpakita sa tao, kung saan hahatulan Niya mismo ang buong sangkatauhan, susubukan ang bawat isa nang walang sinumang naiwan. Hindi alam ng mga nag-iisip sa ganitong paraan ang yugtong ito ng gawain ng pagkakatawang-tao. Hindi paisa-isang hinahatulan ng Diyos ang tao, at hindi paisa-isang sinusubukan ang tao; hindi magiging gawain ng paghatol ang paggawa ng gayon. Hindi ba't magkakatulad ang katiwalian ng lahat ng sangkatauhan? Hindi ba't magkakatulad ang diwa ng lahat ng sangkatauhan? Ang hinahatulan ay ang tiwaling diwa ng sangkatauhan, ang diwa ng tao na ginawang tiwali ni Satanas, at ang lahat ng kasalanan ng tao. Hindi hinahatulan ng Diyos ang mga walang kapararakan at walang kabuluhang pagkakamali ng tao. Mapagkatawan ang gawain ng paghatol, at hindi ito isinasagawa para sa isang tiyak na tao. Sa halip, gawain ito na kung saan hinahatulan ang isang pangkat ng mga tao upang kumatawan sa paghatol sa lahat ng sangkatauhan. Sa pamamagitan ng personal na pagsasagawa ng Kanyang gawain sa isang pangkat ng mga tao, ginagamit ng Diyos sa katawang-tao ang Kanyang gawain upang kumatawan sa gawain ng buong sangkatauhan, upang unti-unting ipalaganap pagkaraan. Ganito rin

ang gawain ng paghatol. Hindi hinahatulan ng Diyos ang isang tiyak na uri ng tao o isang tiyak na pangkat ng mga tao, bagkus ay hinahatulan ang hindi pagkamatuwid ng buong sangkatauhan—ang pagsalungat ng tao sa Diyos, halimbawa, o kawalang-galang ng tao sa Kanya, o paggambala ng tao sa gawain ng Diyos, at kung ano-ano pa. Ang hinahatulan ay ang diwa ng pagsalungat ng sangkatauhan sa Diyos, at ang gawaing ito ay ang gawain ng paglupig sa mga huling araw. Ang gawain at salita ng Diyos na nagkatawang-tao na nasaksihan ng tao ay gawain ng paghatol sa harap ng malaking puting trono sa mga huling araw, na naisip ng tao sa mga nakaraang panahon. Ang gawain na kasalukuyang ginagawa ng Diyos na nagkatawang-tao ay siyang-siyang paghatol sa harap ng malaking puting trono. Ang Diyos na nagkatawang-tao ngayon ay ang Diyos na humahatol sa buong sangkatauhan sa panahon ng mga huling araw. Ang katawang-tao na ito at ang Kanyang gawain, Kanyang salita, at Kanyang buong disposisyon ay ang kabuuan Niya. Bagama't may hangganan ang saklaw ng Kanyang gawain, at hindi tuwirang nasasangkot ang buong sansinukob, ang diwa ng gawain ng paghatol ay ang tuwirang paghatol sa lahat ng sangkatauhan—hindi lamang alang-alang sa mga hinirang na tao sa Tsina, o alang-alang sa isang maliit na bilang ng mga tao. Sa panahon ng gawain ng Diyos sa katawang-tao, bagama't hindi kabilang ang buong sansinukob sa saklaw ng gawaing ito, kumakatawan ito sa gawain ng buong sansinukob, at pagkaraan Niyang tapusin ang gawain sa loob ng gawaing saklaw ng Kanyang katawang-tao, agad Niyang palalawakin ang gawaing ito sa buong sansinukob, sa katulad na paraan na lumaganap sa buong sansinukob ang ebanghelyo ni Jesus kasunod ng Kanyang muling pagkabuhay at pag-akyat sa langit. Gawain man ito ng Espiritu o gawain ng katawang-tao, gawain ito na isinasagawa sa loob ng isang limitadong saklaw, ngunit kumakatawan sa gawain ng buong sansinukob. Sa panahon ng mga huling araw, ginagampanan ng Diyos ang Kanyang gawain sa pamamagitan ng pagpapakita sa Kanyang nagkatawang-taong pagkakakilanlan, at ang Diyos sa katawang-tao ay ang Diyos na humahatol sa tao sa harap ng malaking puting trono. Espiritu man Siya o ang katawang-tao, Siya na gumagawa ng gawain ng paghatol ay ang Diyos na humahatol sa sangkatauhan sa mga huling araw. Natutukoy ito ayon sa Kanyang gawain, at hindi natutukoy ayon sa Kanyang panlabas na kaanyuan o iba pang mga kadahilanan. Bagama't nagkikimkim ang tao ng mga kuru-kuro sa mga salitang ito, walang sinuman ang makapagtatatwa sa katunayan ng paghatol at paglupig ng Diyos na nagkatawang-tao sa lahat ng sangkatauhan. Kung anuman ang iniisip ng tao hinggil dito, ang mga katunayan, sa kabila ng lahat, ay mga katunayan. Walang sinuman ang makakayang magsabi na “Ang gawain ay ginagawa ng Diyos, ngunit ang katawang-tao ay hindi Diyos.” Wala itong katuturan, dahil ang gawaing ito ay maaari lamang gawin ng Diyos sa katawang-tao. Dahil nagawa nang ganap ang gawaing ito, kasunod ng gawaing ito, hindi lilitaw sa pangalawang pagkakataon ang gawain ng paghatol ng Diyos sa tao; natapos na ng Diyos sa Kanyang pangalawang pagkakatawang-tao ang lahat ng gawain ng buong pamamahala, at wala nang magiging ikaapat na yugto ng gawain ng Diyos.

Sapagkat ang tao ang siyang hinahatulan, ang tao ng laman at naging tiwali, at hindi ang espiritu ni Satanas ang tuwirang hinahatulan, ang gawain ng paghatol, kung gayon, ay hindi tinutupad sa espirituwal na daigdig, kundi sa gitna ng tao. Walang sinumang higit na angkop, at karapat-dapat, kaysa sa Diyos sa katawang-tao para sa gawain ng paghatol sa katiwalian ng laman ng tao. Kung ang paghatol ay tuwirang isinagawa ng Espiritu ng Diyos, kung gayon, hindi ito sasaklaw sa lahat. Bukod dito, magiging mahirap para sa tao na tanggapin ang gayong gawain, sapagkat hindi magagawa ng Espiritu na lumapit nang harap-harapan sa tao, at dahil dito, hindi magiging agaran ang mga bisa, hindi makikita ng tao nang lalong malinaw ang hindi nalalabag na disposisyon ng Diyos. Lubusang magagapi lamang si Satanas kung hahatulan ng Diyos sa katawang-tao ang katiwalian ng sangkatauhan. Dahil tulad sa tao na nagtataglay ng normal na pagkatao, maaaring tuwirang hatulan ng Diyos sa katawang-tao ang hindi pagiging matuwid ng tao; ito ang tatak ng Kanyang likas na kabanalan, at ng Kanyang pagiging katangi-tangi. Tanging ang Diyos ang karapat-dapat, at nasa katayuan na hatulan ang tao, sapagkat taglay Niya ang katotohanan, at pagiging matuwid, kaya nga nagagawa Niyang hatulan ang tao. Yaong mga walang katotohanan at katuwiran ay hindi nababagay na hatulan ang iba. Kung ginawa ng Espiritu ng Diyos ang gawaing ito, kung gayon ay hindi ito mangangahulugan ng tagumpay laban kay Satanas. Likas na higit na mabunyi ang Espiritu kaysa mga mortal na nilalang, at likas na banal ang Espiritu ng Diyos, at matagumpay laban sa laman. Kung tuwirang ginawa ng Espiritu ang gawaing ito, hindi Niya magagawang hatulan ang lahat ng pagsuway ng tao at hindi makakayang ibunyag ang lahat ng di-pagkamatuwid ng tao. Sapagkat natutupad din ang gawain ng paghatol sa pamamagitan ng mga kuru-kuro ng tao sa Diyos, at ang tao ay hindi kailanman nagkaroon ng anumang mga kuru-kuro sa Espiritu, at sa gayon ay hindi kaya ng Espiritu ang higit na mainam na paghahayag sa di-pagkamatuwid ng tao, lalong hindi kaya ang ganap na paghahayag ng gayong di-pagkamatuwid. Ang Diyos na nagkatawang-tao ay ang kaaway ng lahat ng tao na hindi nakakakilala sa Kanya. Sa pamamagitan ng paghatol sa mga kuru-kuro ng tao at pagsalungat sa Kanya, isinisiwalat Niya ang lahat ng pagsuway ng sangkatauhan. Higit na malinaw ang mga epekto ng Kanyang gawain sa katawang-tao kaysa sa mga gawain ng Espiritu. At kaya, hindi tuwirang isinasagawa ng Espiritu ang paghatol sa lahat ng sangkatauhan, bagkus ay ginagawa ng Diyos na nagkatawang-tao. Makakayang makita at mahawakan ng tao ang Diyos sa katawang-tao, at ang Diyos sa katawang-tao ay makakayang ganap na lupigin ang tao. Sa kanyang kaugnayan sa Diyos sa katawang-tao, umuusad ang tao mula sa pagsalungat patungo sa pagsunod, mula sa pag-uusig patungo sa pagtanggap, mula sa mga kuru-kuro patungo sa kaalaman, at mula sa pagtanggig patungo sa pagmamahal—ito ang mga epekto ng gawain ng Diyos na nagkatawang-tao. Naliligtas lamang ang tao sa pamamagitan ng pagtanggap ng Kanyang paghatol, unti-unti lamang na nakikilala Siya ng tao sa pamamagitan ng mga salita ng Kanyang bibig, nalulupig Niya ang tao sa panahon ng pagsalungat nito sa Kanya, at tumatanggap siya ng panustos ng buhay mula sa

Kanya sa panahon ng pagtanggap ng Kanyang pagkastigo. Ang lahat ng gawaing ito ay ang gawain ng Diyos sa katawang-tao, at hindi ang gawain ng Diyos sa Kanyang pagkakakilanlan bilang Espiritu. Ang gawaing ginawa ng Diyos na nagkatawang-tao ay ang pinakadakilang gawain, at ang pinakamasidhing gawain, at ang pinakamahalagang bahagi ng tatlong yugto ng gawain ng Diyos ay ang dalawang yugto ng gawain ng pagkakatawang-tao. Isang malaking balakid ang matinding katiwalian ng tao sa gawain ng Diyos na nagkatawang-tao. Sa partikular, lubhang napakahirap na gawain ang isinagawa sa mga tao sa mga huling araw, at mapanlaban ang kapaligiran, at may kahinaan ang kakayahan ng bawat uri ng tao. Ngunit sa katapusan ng gawain na ito, makakamit pa rin nito ang tamang epekto, nang walang mga anumang kapintasan; ito ay ang epekto ng gawain ng katawang-tao, at higit na mapanghikayat ang epektong ito kaysa sa gawain ng Espiritu. Tatapusin sa katawang-tao ang tatlong yugto ng gawain ng Diyos, at dapat tapusin ang mga ito ng Diyos na nagkatawang-tao. Ginagawa sa katawang-tao ang pinakamahalaga at pinakamaselang gawain, at dapat personal na isagawa ng Diyos sa katawang-tao ang kaligtasan ng tao. Bagama't nararamdaman ng lahat ng sangkatauhan na tila walang kaugnayan sa tao ang Diyos sa katawang-tao, sa katunayan ay nauugnay sa kapalaran at pag-iral ng buong sangkatauhan ang katawang-tao na ito.

Ipinatutupad ang bawat yugto ng gawain ng Diyos para sa kapakanan ng lahat ng sangkatauhan, at nakatuon sa buong sangkatauhan. Bagama't gawain Niya ito sa katawang-tao, nakatuon pa rin ito sa lahat ng sangkatauhan; Siya ang Diyos ng buong sangkatauhan, at Siya ang Diyos ng lahat ng nilikha at di-nilikhang nilalang. Bagama't nakapaloob sa isang limitadong saklaw ang Kanyang gawain sa katawang-tao, at may hangganan din ang pakay ng gawaing ito, sa tuwing nagiging katawang-tao Siya upang gawin ang Kanyang gawain, pumipili Siya ng isang layon ng Kanyang gawain na kumatawan nang higit sa lahat; hindi Siya pumipili ng isang pangkat ng mga payak at karaniwang mga tao na Kanyang gagawaan, bagkus ay pumipili ng isang pangkat ng mga tao bilang layon ng Kanyang gawain na may kakayahang maging mga kinatawan ng Kanyang gawain sa katawang-tao. Pinipili ang pangkat na ito ng mga tao dahil may hangganan ang saklaw ng Kanyang gawain sa katawang-tao, at tanging inihahanda para sa Kanyang nagkatawang-taong laman, at tanging pinipili para sa Kanyang gawain sa katawang-tao. Ang pagpili ng Diyos sa mga layon ng Kanyang gawain ay hindi walang saligan, bagkus ay isinasagawa ayon sa mga prinsipyo: Ang layon ng gawain ay dapat may pakinabang sa gawain ng Diyos sa katawang-tao, at dapat na magawang kumatawan sa buong sangkatauhan. Halimbawa, nagawa ng mga Hudyo na kumatawan sa buong sangkatauhan sa pagtanggap ng personal na pagtubos ni Jesus, at ang mga Tsino ay nagagawang kumatawan sa buong sangkatauhan sa pagtanggap ng personal na paglupig ng Diyos na nagkatawang-tao. May isang batayan sa pagkatawan ng mga Hudyo sa buong sangkatauhan, at may isang batayan din sa pagkatawan ng mga mamamayang Tsino sa buong sangkatauhan sa pagtanggap ng personal na paglupig ng Diyos. Walang higit na naghahayag ng kahalagahan ng pagtubos maliban sa gawain

ng pagtubos na ginawa sa gitna ng mga Hudyo, at walang higit na naghahayag sa kalubusan at tagumpay ng gawain ng paglupig maliban sa gawain ng paglupig na ginagawa sa mga mamamayang Tsino. Ang gawain at salita ng Diyos na nagkatawang-tao ay tila nakatutok lamang sa isang maliit na pangkat ng mga tao, ngunit sa katunayan, ang Kanyang gawain sa gitna ng maliit na pangkat na ito ay ang gawain ng buong sansinukob, at ang Kanyang salita ay nakatuon sa buong sangkatauhan. Pagkaraang umabot na sa katapusan ang Kanyang gawain sa katawang-tao, magsisimulang palaganapin ng mga taong sumusunod sa Kanya ang gawain na Kanyang nagawa na sa gitna nila. Ang pinakamainam na bagay tungkol sa Kanyang gawain sa katawang-tao ay maaari Siyang mag-iwan ng tumpak na mga salita at mga pangaral, at ang Kanyang tiyak na kalooban para sa sangkatauhan patungkol sa mga taong sumusunod sa Kanya, sa gayon pagkatapos, ang Kanyang mga tagasunod ay maaaring higit na tumpak at higit na konkretong maipasa ang lahat ng Kanyang mga gawain sa katawang-tao, at ang Kanyang kalooban para sa buong sangkatauhan, sa mga tumatanggap sa ganitong daan. Tanging ang gawain ng Diyos sa katawang-tao sa piling ng tao ang tunay na nagsasakatuparan sa katunayan na ang Diyos ay namumuhay at kasama ng tao. Tanging ang gawain ito ang nagsasakatuparan sa mithiin ng tao na mamasdan ang mukha ng Diyos, masaksihan ang gawain ng Diyos, at marinig ang personal na salita ng Diyos. Winawakasan ng Diyos na nagkatawang-tao ang kapanahunan na likod lamang ni Jehova ang nagpakita sa sangkatauhan, at tinatapos din Niya ang kapanahunan ng paniniwala ng sangkatauhan sa malabong Diyos. Lalo na, dinadala ng gawain ng huling Diyos na nagkatawang-tao ang buong sangkatauhan sa isang kapanahunan na higit na makatotohanan, higit na praktikal, at higit na maganda. Hindi lamang Niya tinatapos ang kapanahunan ng kautusan at doktrina ngunit ang higit na mahalaga, inihahayag Niya sa sangkatauhan ang isang Diyos na tunay at normal, na matuwid at banal, na nagbubukas sa gawain ng plano ng pamamahala at nagpapamalas ng mga hiwaga at hantungan ng sangkatauhan, na lumikha sa sangkatauhan at winawakasan ang gawain ng pamamahala, at nanatiling nakatago nang libu-libong taon. Winawakasan Niya nang lubusan ang kapanahunan ng kalabuan, tinatapos Niya ang kapanahunan na ang ninais ng buong sangkatauhan ay hanapin ang mukha ng Diyos ngunit hindi nila nagawa, winawakasan Niya ang kapanahunan kung kailan nagsilbi kay Satanas ang buong sangkatauhan, at inaakay Niya ang buong sangkatauhan tungo sa isang ganap na bagong panahon. Lahat ng ito ay bunga ng gawain ng Diyos sa katawang-tao sa halip ng Espiritu ng Diyos. Kapag gumagawa ang Diyos sa Kanyang katawang-tao, ang mga taong sumusunod sa Kanya ay hindi na naghahanap at nag-aapuhap ng mga bagay na tila kapwa umiiral at di-umiiral, at tumitigil sila sa paghula sa kalooban ng malabong Diyos. Kapag pinalalaganap ng Diyos ang Kanyang gawain sa katawang-tao, ipapasa ng mga sumusunod sa Kanya ang gawain na Kanyang ginawa sa katawang-tao sa lahat ng mga relihiyon at denominasyon, at kanilang ipagtatalastasan ang lahat ng Kanyang mga salita sa mga pandinig ng buong sangkatauhan. Ang lahat na naririnig ng mga yaong tumatanggap sa

Kanyang ebanghelyo ay magiging mga katunayan ng Kanyang gawain, magiging mga bagay na personal na nakikita at naririnig ng tao, at magiging mga katunayan at hindi sabi-sabi. Ang mga katunayang ito ay ang katibayan na Kanyang pinalalaganap ang gawain, at ito rin ang mga kasangkapan na ginagamit Niya sa pagpapalaganap ng gawain. Kung wala ang pag-iral ng mga katunayan, ang Kanyang ebanghelyo ay hindi lalaganap sa lahat ng bansa at sa lahat ng lugar; kapag walang katunayan bagkus ay sa mga guni-guni lamang ng tao, hindi Niya kailanman magagawa ang gawain ng panlulupig sa buong sansinukob. Ang Espiritu ay hindi nahahawakan ng tao, at di-nakikita ng tao, at ang gawain ng Espiritu ay hindi kayang mag-iwan ng anumang karagdagang katibayan o mga katunayan ng gawain ng Diyos para sa tao. Hindi kailanman makikita ng tao ang tunay na mukha ng Diyos, at palagi siyang maniniwala sa isang malabong Diyos na hindi umiiral. Hindi kailanman makikita ng tao ang tunay na mukha ng Diyos, o hindi rin kailanman maririnig ng tao ang mga salita na personal na sinabi ng Diyos. Sadyang wala namang laman ang mga ginuguni-guni ng tao, at hindi mapapalitan ang tunay na mukha ng Diyos; ang likas na disposisyon ng Diyos, at ang gawain ng Diyos Mismo ay hindi magagaya ng tao. Ang di-nakikitang Diyos sa langit at ang Kanyang gawain ay maaari lamang dalhin sa lupa ng Diyos na nagkatawang-tao na personal na ginagawa ang Kanyang gawain sa mga tao. Ito ang pinakamainam na paraan para makapagpakita ang Diyos sa tao, kung saan nakikita ng tao ang Diyos at nakikilala ang tunay na mukha ng Diyos, at hindi ito matatamo ng isang Diyos na hindi nagkatawang-tao. Dahil naisagawa na ng Diyos ang Kanyang gawain sa yugtong ito, nakamit na ng gawain ng Diyos ang pinakamainam na epekto, at naging isang ganap na tagumpay. Natapos na ng personal na gawain ng Diyos sa katawang-tao ang siyamnapung porsiyento ng mga gawain ng Kanyang buong pamamahala. Nagkaloob na ang katawang-tao na ito ng isang mas mahusay na pasimula sa lahat ng Kanyang gawain, at isang buod para sa lahat ng Kanyang gawain, at napagtibay na ang lahat ng Kanyang gawain, at ginawa ang huling masusing pagpapanauli sa lahat ng gawaing ito. Simula ngayon, hindi na magkakaroon ng isa pang Diyos na nagkatawang-tao upang gawin ang ikaapat na yugto ng gawain ng Diyos, at hindi na rin magkakaroon kailanman ng mga nakamamanghang gawain ng ikatlong pagkakatawang-tao ng Diyos.

Ang bawat yugto ng gawain ng Diyos sa katawang-tao ay kumakatawan sa Kanyang gawain ng buong kapanahunan, at hindi ito kumakatawan sa isang tiyak na panahon, tulad ng gawain ng tao. At kaya ang katapusan ng gawain ng Kanyang huling pagkakatawang-tao ay hindi nangangahulugan na ang Kanyang gawain ay umabot na sa ganap na katapusan, dahil ang Kanyang gawain sa katawang-tao ay kumakatawan sa buong kapanahunan, at hindi lamang kumakatawan sa yugto na gumagawa Siya ng Kanyang gawain sa katawang-tao. Nangyari lamang na tinatapos na Niya ang Kanyang gawain sa buong kapanahunan sa panahon na Siya ay nasa katawang-tao, pagkaraan ay lalaganap ito sa lahat ng dako. Pagkaraang matupad ng Diyos na nagkatawang-tao ang Kanyang ministeryo, ipagkakatiwala Niya ang Kanyang gawain sa hinaharap sa

mga yaong sumusunod sa Kanya. Sa ganitong paraan, maipagpapatuloy nang walang patid ang Kanyang gawain sa buong kapanahunan. Maituturing lamang na ganap ang gawain ng buong kapanahunan ng pagkakatawang-tao sa sandaling naipalaganap na ito sa buong sansinukob. Sinisimulan ng gawain ng Diyos na nagkatawang-tao ang isang bagong panahon, at ang mga tao na kinakasangkapan Niya ang nagpapatuloy sa Kanyang gawain. Napapaloob sa ministeryo ng Diyos na nagkatawang-tao ang gawain na ginawa ng tao, at wala itong kakayahang lumampas sa ganitong saklaw. Kung hindi dumating ang Diyos na nagkatawang-tao upang gawin ang Kanyang gawain, hindi magagawa ng tao na dalhin ang lumang kapanahunan sa katapusan, at hindi magagawang maghatid ng isang bagong panahon. Ang gawain na ginawa ng tao ay nasa saklaw lamang ng kanyang tungkulin na kaya lamang ng tao, at hindi ito kumakatawan sa gawain ng Diyos. Tanging ang Diyos na nagkatawang-tao ang maaaring dumating at tapusin ang gawain na dapat Niyang gawin, at bukod sa Kanya, walang sinuman ang makakayang gawin ang gawaing ito sa ngalan Niya. Mangyari pa, ang tinutukoy Ko ay ang tungkol sa gawain ng pagkakatawang-tao. Unang nagsasagawa itong Diyos na nagkatawang-tao ng isang hakbang ng gawain na hindi umaayon sa mga kuru-kuro ng tao, pagkatapos noon ay gumagawa pa Siya ng higit na maraming gawain na hindi umaayon sa mga kuru-kuro ng tao. Ang layunin ng gawain ay ang paglupig sa tao. Sa isang pagtingin, hindi sumusunod sa mga kuru-kuro ng tao ang pagkakatawang-tao ng Diyos, bukod diyan ay gumagawa Siya ng higit pang gawain bilang karagdagan na hindi umaayon sa mga kuru-kuro ng tao, at sa gayon bumubuo pa ng mas kritikal na mga pananaw ang tao tungkol sa Kanya. Ginagawa lamang Niya ang gawain ng paglupig sa gitna ng mga tao na may napakaraming kuru-kuro sa Kanya. Kung paano man nila Siya tinatrato, kapag nakamit na Niya ang Kanyang ministeryo, magiging sakop ng Kanyang kapamahalaan ang lahat ng tao. Hindi lamang inilalarawan ang katunayan ng gawaing ito sa mga mamamayang Tsino, ngunit kinakatawan din nito kung paano lulupigin ang buong sangkatauhan. Ang mga epekto na nakakamit sa mga taong ito ay isang tagapagpauna sa mga epekto na makakamit sa kabuuan ng sangkatauhan, at ang mga epekto ng mga gawain na ginagawa Niya sa hinaharap ay lalong lalampasan maging ang mga epekto sa mga taong ito. Ang gawain ng Diyos sa katawang-tao ay hindi kinasasangkutan ng mabusising pagpaparangal, o napuputungan ng kawalang-halaga. Tunay at aktwal ito, at gawain ito na katumbas ng dalawa ang isa at isa. Hindi ito nakatago sa sinuman, o hindi nito nilililang ang sinuman. Ang nakikita ng mga tao ay tunay at totoong mga bagay, at ang nakakamit ng tao ay ang tunay na katotohanan at kaalaman. Kapag natapos na ang gawain, magkakaroon ang tao ng isang bagong pagkakilala sa Kanya, at hindi na magkakaroon ng anumang mga kuru-kuro sa Kanya yaong mga taong tunay na naghahangad. Hindi lamang ito ang epekto ng Kanyang gawain sa mga mamamayang Tsino, ngunit kinakatawan din nito ang epekto ng Kanyang gawain sa paglupig sa buong sangkatauhan, dahil walang higit na kapaki-pakinabang sa gawain ng panlulupig sa buong sangkatauhan maliban sa katawang-tao na ito, at ang gawain

ng katawang-tao na ito, at lahat ng bagay sa katawang-taong ito. Kapaki-pakinabang ang mga ito sa Kanyang gawain ngayon, at kapaki-pakinabang sa Kanyang gawain sa hinaharap. Lulupigin ng katawang-taong ito ang buong sangkatauhan at makakamit ang buong sangkatauhan. Walang higit na mahusay na gawain na kung saan makikita ng buong sangkatauhan ang Diyos, at susundin ang Diyos, at makikilala ang Diyos. Kumakatawan lamang sa isang limitadong saklaw ang gawain na ginawa ng tao, at kapag ginagawa ng Diyos ang Kanyang gawain, hindi Siya nagsasalita sa isang tiyak na tao, ngunit nagsasalita sa buong sangkatauhan, at sa lahat ng taong tumatanggap ng Kanyang mga salita. Ang katapusan na Kanyang ipinapahayag ay ang katapusan ng lahat ng sangkatauhan, hindi lamang ang katapusan ng isang tiyak na tao. Hindi Siya nagbibigay ng anupamang natatanging pakikitungo sa sinuman, o hindi Siya nambibiktima sa sinuman, at gumagawa Siya para sa, at nagsasalita sa, buong sangkatauhan. Napagbukod-bukod na nitong Diyos na nagkatawang-tao ang buong sangkatauhan ayon sa uri, nahatulan na ang buong sangkatauhan, at naisaayos na ang isang angkop na hantungan para sa buong sangkatauhan. Bagama't ginagawa lamang ng Diyos ang Kanyang gawain sa Tsina, sa katunayan ay nalutas na Niya ang gawain ng buong sansinukob. Hindi Siya makakapaghintay hanggang naipalaganap na sa buong sangkatauhan ang Kanyang gawain bago gawin ang Kanyang mga pagbigkas at mga pagsasaayos nang paisa-isang hakbang. Iyan ba ay hindi pa huli? Ganap na Niyang natapos ang hinaharap na gawain bago pa ang lahat. Dahil Siya na gumagawa ay ang Diyos sa katawang-tao, gumagawa Siya ng walang hanggang gawain sa loob ng isang saklaw na may hangganan, at pagkaraan ay pagagawain Niya ang tao ng tungkulin na dapat gampanan ng tao; ito ang prinsipyo ng Kanyang gawain. Makakaya lamang Niyang mabuhay kasama ang tao sa isang panahon, at hindi makakayang samahan ang tao hanggang matapos ang gawain sa buong panahon. Dahil Siya ay Diyos kaya naihahayag Niya nang patiuna ang Kanyang gawain sa hinaharap. Pagkaraan, pagbubukurin Niya ang buong sangkatauhan ayon sa uri sa pamamagitan ng Kanyang mga salita, at papasok ang sangkatauhan sa Kanyang hakbang-hakbang na gawain alinsunod sa Kanyang mga salita. Walang sinumang makatatakas, at dapat magsagawa ang lahat ayon dito. Kaya sa hinaharap, gagabayan ang kapanahunan ng Kanyang mga salita, at hindi gagabayan ng Espiritu.

Ang gawain ng Diyos sa katawang-tao ay dapat magawa sa katawang-tao. Kung tuwiran itong ginawa ng Espiritu ng Diyos, wala itong bisang ibubunga. Ginawa man ito ng Espiritu, walang magiging malaking kabuluhan ang gawain, at sa huli ay hindi makahihikayat. Nais ng lahat ng nilalang na malaman kung may kabuluhan ba ang gawain ng Lumikha, at kung ano ang kinakatawan nito, at sa anong kapakanan ginagawa ito, at kung puno ba ng awtoridad at karunungan ang gawain ng Diyos, at kung ito ba ay may sukdulang kahalagahan at kabuluhan. Ang gawain na ginagawa Niya ay para sa kaligtasan ng buong sangkatauhan, alang-alang sa paggapi kay Satanas, at para sa pagpapatotoo ng Kanyang sarili sa lahat ng bagay. Dahil diyan, dapat na may

malaking kabuluhan ang gawain na ginagawa Niya. Nagawa nang tiwali ni Satanas ang laman ng tao, at lubusan na itong binulag, at matinding pininsala. Ang pinakapangunahing dahilan kung bakit gumagawa ang Diyos nang personal sa katawang-tao ay dahil ang tao, na mula sa laman, ang layon ng Kanyang pagliligtas, at dahil ginagamit din ni Satanas ang laman ng tao upang gambalain ang gawain ng Diyos. Ang pakikipaglaban kay Satanas ang talagang gawain ng panlulupig sa tao, at kasabay nito, ang tao rin ang layon ng pagliligtas ng Diyos. Sa ganitong paraan, napakahalaga ng gawain ng Diyos na nagkatawang-tao. Ginawang tiwali ni Satanas ang laman ng tao, at naging sagisag ni Satanas ang tao, at naging layon na gagapiin ng Diyos. Sa ganitong paraan, ang gawain ng pakikipaglaban kay Satanas at pagliligtas sa buong sangkatauhan ay nagaganap sa lupa, at dapat maging tao ang Diyos upang makipaglaban kay Satanas. Ito ang gawain na sukdulang praktikal. Kapag gumagawa ang Diyos sa katawang-tao, tunay Siyang nakikipaglaban kay Satanas sa katawang-tao. Kung gumagawa Siya sa katawang-tao, ginagawa Niya ang Kanyang gawain sa espirituwal na dako, at ginagawa Niyang tunay sa lupa ang kabuuan ng Kanyang gawain sa espirituwal na dako. Tao ang nalulupig, tao na hindi masunurin sa Kanya, at ang nagagapi ay ang pinakalarawan ni Satanas (mangyari pa, ito ay tao rin), na nakikipag-alitan sa Kanya, at tao rin ang naliligtas sa dakong huli. Sa ganitong paraan, higit pang kinakailangan para sa Diyos na maging isang tao na may panlabas na anyo ng isang nilalang, upang magawa Niya ang tunay na pakikipaglaban kay Satanas, upang malupig ang tao, na mapanghimagsik sa Kanya at nag-aangkin ng panlabas na kaanyuan na katulad ng sa Kanya, at upang mailigtas ang tao, na may panlabas na kaanyuan na tulad Niya at napinsala na ni Satanas. Tao ang Kanyang kaaway, tao ang pakay ng Kanyang paglupig, at tao, na nilikha Niya, ang layon ng Kanyang pagliligtas. Kaya't dapat Siyang maging tao, at sa ganitong paraan, nagiging higit na madali ang Kanyang gawain. Nagagawa Niyang gapiin si Satanas at lupigin ang sangkatauhan, at, higit pa rito, nagagawang iligtas ang sangkatauhan. Bagama't karaniwan at tunay ang katawang-tao na ito, hindi Siya pangkaraniwang katawang-tao: Hindi Siya katawang-tao na tao lamang, ngunit katawang-tao na kapwa tao at Diyos. Ito ang pagkakaiba Niya sa tao, at ito ang tatak ng pagkakakilanlan ng Diyos. Tanging katawang-tao na tulad nito ang makakayang gumawa ng mga gawaing ninanais Niyang gawin, at matupad ang ministeryo ng Diyos sa katawang-tao, at ganap na makumpleto ang Kanyang gawain sa gitna ng mga tao. Kung hindi ito ganoon, laging magiging hungkag at may kapintasan ang Kanyang gawain sa gitna ng mga tao. Bagama't makakaya ng Diyos na makipaglaban sa espiritu ni Satanas at lumitaw na matagumpay, hindi malulutas kailanman ang lumang kalikasan ng tiwaling tao, at yaong mga hindi masunurin sa Kanya at sumasalungat sa Kanya ay hindi kailanman totoong magiging sakop ng Kanyang kapamahalaan, na ang ibig sabihin, hindi Niya kailanman makakayang lupigin ang sangkatauhan, at hindi kailanman makakayang kamtin ang buong sangkatauhan. Kung hindi makakayang lutasin ang Kanyang gawain sa lupa, kung ganoon ay hindi kailanman matatapos ang Kanyang

pamamahala, at hindi magagawa ng buong sangkatauhan na pumasok sa kapahingahan. Kung hindi makakaya ng Diyos na pumasok sa kapahingahan kasama ang lahat ng Kanyang mga nilikha, kung ganoon ay walang kalalabasan kailanman sa ganoong gawain ng pamamahala, at kasunod na mawawala ang kaluwalhatian ng Diyos. Bagama't walang awtoridad ang Kanyang katawang-tao, makakamit na ang epekto ng gawain na Kanyang ginagawa. Ito ang di-maiiwasang tunguhin ng Kanyang gawain. Nagtataglay man o hindi ng awtoridad ang Kanyang katawang-tao, hangga't kaya Niyang gawin ang gawain ng Diyos Mismo, Siya ay ang Diyos Mismo. Gaano man kakaraniwan o kaordinaryo ang katawang-tao na ito, makakaya Niyang gawin ang gawain na dapat Niyang gawin, dahil Diyos at hindi tao lamang ang katawang-tao na ito. Ang dahilan na magagawa ng katawang-taong ito ang gawain na hindi kaya ng tao ay sapagkat ang Kanyang panloob na diwa ay hindi katulad ng sa sinumang tao, at ang dahilan na kaya Niyang iligtas ang tao ay sapagkat ang Kanyang pagkakakilanlan ay naiiba sa sinumang tao. Napakahalaga sa sangkatauhan ng katawang-tao na ito sapagkat Siya ay tao at lalong higit ay Diyos, sapagkat nakakaya Niyang gawin ang mga gawain na hindi kaya ng karaniwang katawan ng tao, at dahil nakakaya Niyang magligtas ng tiwaling tao, na namumuhay kasama Niya sa lupa. Bagama't Siya ay kawangis ng tao, ang Diyos na nagkatawang-tao ay higit na mahalaga sa sangkatauhan kaysa sa sinumang tao na may halaga, dahil nakakaya Niya ang gawain na hindi makakayang gawin ng Espiritu ng Diyos, higit na may kakayahan kaysa sa Espiritu ng Diyos na magpatotoo sa Diyos Mismo, at higit na may kakayahan kaysa sa Espiritu ng Diyos na lubos na makamtan ang sangkatauhan. Bilang bunga, bagama't karaniwan at ordinaryo ang katawang-tao na ito, ang ambag Niya sa sangkatauhan at ang kahalagahan Niya sa pag-iral ng sangkatauhan ay lubos na ginagawa Siyang napakahalaga, at hindi masusukat ng sinumang tao ang tunay na halaga at kabuluhan ng katawang-tao na ito. Bagama't hindi makakayang tuwirang puksain si Satanas ng katawang-tao na ito, makakaya Niyang gamitin ang Kanyang gawain upang lupigin ang sangkatauhan at gapiin si Satanas, at gawin si Satanas na lubos na magpasakop sa Kanyang kapamahalaan. Dahil ang Diyos ay nagkatawang-tao na kaya't makakaya Niyang talunin si Satanas at magagawang iligtas ang sangkatauhan. Hindi Niya tuwirang pinupuksa si Satanas, bagkus ay nagkakatawang-tao upang gawin ang gawain na lupigin ang sangkatauhan, na nagawang tiwali ni Satanas. Sa ganitong paraan, higit na mahusay Niyang magagawang magpatotoo sa Sarili Niya sa gitna ng Kanyang mga nilalang, at higit na mahusay na magagawang iligtas ang tiwaling tao. Ang paglupig kay Satanas ng Diyos na nagkatawang-tao ay magdudulot ng higit na malaking patotoo, at higit na mapanghikayat, kaysa sa tuwirang pagpuksa ng Espiritu ng Diyos kay Satanas. Ang Diyos na nagkatawang-tao ay higit na magagawang tumulong sa tao para kilalanin ang Lumikha, at higit na magagawang magpatotoo sa Sarili Niya sa gitna ng mga nilalang Niya.

Ang Diwa ng Katawang-taong Tinatahanan ng Diyos

Ang Diyos sa Kanyang unang pagkakatawang-tao ay nanirahan sa ibabaw ng lupa sa loob ng tatlumpu't tatlo't kalahating taon, at isinagawa ang Kanyang ministeryo sa loob lamang ng tatlo't kalahati ng mga taon na iyon. Kapwa noong Siya ay gumawa, at bago Siya nagsimula ng Kanyang gawain, nagtaglay Siya ng normal na pagkatao; nanahan Siya sa Kanyang normal na pagkatao sa loob ng tatlumpu't tatlo't kalahating taon. Sa buong huling tatlo't kalahating taon, inihayag Niya na Siya Mismo ang Diyos na nagkatawang-tao. Bago Niya sinimulang isagawa ang Kanyang ministeryo, nagpakita Siya sa ordinaryo at normal na pagkatao, na hindi nagpapakita ng tanda ng Kanyang pagka-Diyos, at nakita ang Kanyang pagka-Diyos matapos lamang Niyang pormal na simulan ang pagganap sa Kanyang ministeryo. Ang Kanyang buhay at gawain noong unang dalawampu't siyam na taon na iyon ay nagpamalas na Siya ay isang tunay na tao, isang anak ng tao, at may katawang-taong may laman, sapagkat nagsimula lamang nang seryoso ang Kanyang ministeryo pagkaraan ng edad na dalawampu't siyam. Ang "pagkakatawang-tao" ay ang nagpapakita ng Diyos sa katawang-tao; gumagawa ang Diyos sa gitna ng nilikhang sangkatauhan sa larawan ng katawang-tao. Kaya para magkatawang-tao ang Diyos, kailangan muna Siyang magkaroon ng katawang-tao, katawang-taong may normal na pagkatao; ito ang pinakapangunahing kinakailangan. Sa katunayan, ang implikasyon ng pagkakatawang-tao ng Diyos ay na ang Diyos ay buhay at gumagawa sa katawang-tao, na ang Diyos sa Kanyang pinakadiwa ay nagkatawang-tao, naging isang tao. Ang Kanyang buhay at gawain sa katawang-tao ay maaaring hatiin sa dalawang yugto. Una ay ang buhay na Kanyang ipinamumuhay bago gampanan ang Kanyang ministeryo. Naninirahan Siya sa piling ng isang ordinaryong pamilya ng tao, sa lubos na normal na pagkatao, sumusunod sa normal na mga moralidad at batas ng buhay ng tao, na may normal na mga pangangailangan ng normal na tao (pagkain, damit, tulog, tirahan), normal na mga kahinaan ng tao, at normal na mga damdamin ng tao. Sa madaling salita, sa unang yugtong ito ay nabubuhay Siya sa pagkataong walang pagka-Diyos at lubos na normal, nakikisali sa lahat ng normal na aktibidad ng tao. Ang pangalawang yugto ay ang buhay na Kanyang ipinamumuhay matapos Niyang simulang gampanan ang Kanyang ministeryo. Nananahan pa rin Siya sa ordinaryong pagkatao na may isang normal na katawan ng tao, na hindi nagpapakita ng panlabas na tanda ng pagiging higit-sa-karaniwan. Subalit namumuhay Siya nang dalisay para lamang sa kapakanan ng Kanyang ministeryo, at sa panahong ito ay ganap na umiiral ang Kanyang normal na pagkatao upang suportahan ang normal na gawain ng Kanyang pagka-Diyos, sapagkat sa panahong iyon ay gumulang na ang Kanyang normal na pagkatao hanggang sa punto na kaya na Niyang gampanan ang Kanyang ministeryo. Kaya, ang ikalawang yugto ng Kanyang buhay ay upang gampanan ang Kanyang ministeryo sa Kanyang normal na pagkatao, kapag ito ay isang buhay kapwa ng normal na pagkatao at ng ganap na pagka-Diyos. Sa unang yugto ng Kanyang buhay,

kaya Siya namumuhay sa ganap na ordinaryong pagkatao ay dahil ang Kanyang pagkatao ay hindi pa kayang panatilihin ang kabuuan ng banal na gawain, hindi pa gumugulang; matapos gumulang ang Kanyang pagkatao, saka lamang Siya nagkaroon ng kakayahang balikatin ang Kanyang ministeryo, nakayanan Niyang magsimulang gampanan ang ministeryong dapat Niyang isagawa. Dahil kailangan Niya, bilang katawang-tao, na lumaki at gumulang, ang unang yugto ng Kanyang buhay ay yaong sa normal na pagkatao—samantalang sa pangalawang yugto, dahil kaya ng Kanyang pagkatao na isagawa ang Kanyang gawain at gampanan ang Kanyang ministeryo, ang buhay ng Diyos na nagkatawang-tao sa panahon ng Kanyang ministeryo ay parehong sa pagkatao at sa ganap na pagka-Diyos. Kung, mula sa sandali ng Kanyang pagsilang, masigasig na sinimulan ng Diyos na nagkatawang-tao ang Kanyang ministeryo, na nagsasagawa ng higit-sa-karaniwang mga tanda at himala, hindi sana Siya nagkaroon ng pisikal na diwa. Samakatuwid, umiiral ang Kanyang pagkatao para sa kapakanan ng Kanyang pisikal na diwa; hindi maaaring magkaroon ng katawang-tao nang walang pagkatao, at ang isang taong walang pagkatao ay hindi isang tao. Sa ganitong paraan, ang pagkatao ng laman ng Diyos ay isang tunay na pagmamay-ari ng nagkatawang-taong laman ng Diyos. Ang sabihing “kapag naging tao ang Diyos lubos Siyang banal, at hindi talaga tao,” ay kalapastanganan, sapagkat wala talagang ganitong pahayag, at lumalabag ito sa prinsipyo ng pagkakatawang-tao. Kahit matapos Niyang simulang gampanan ang Kanyang ministeryo, namumuhay pa rin Siya sa Kanyang pagka-Diyos na may katawan ng tao kapag ginagawa Niya ang Kanyang gawain; kaya lamang, sa panahong iyon, ang Kanyang pagkatao ay para lamang sa layuning tulutan ang Kanyang pagka-Diyos na gampanan ang gawain sa normal na katawang-tao. Kaya ang kumakatawan sa gawain ay ang pagka-Diyos na nananahan sa Kanyang pagkatao. Ang Kanyang pagka-Diyos, hindi ang Kanyang pagkatao, ang gumagawa, subalit ang pagka-Diyos na ito ay nakatago sa loob ng Kanyang pagkatao; sa totoo lang, ang Kanyang gawain ay ginagawa ng Kanyang ganap na pagka-Diyos, hindi ng Kanyang pagkatao. Ngunit ang nagsasagawa ng gawain ay ang Kanyang katawang-tao. Masasabi ng isang tao na Siya ay isang tao at isa ring Diyos, sapagkat ang Diyos ay nagiging isang Diyos na namumuhay sa katawang-tao, may katawan ng tao at diwa ng tao ngunit mayroon ding diwa ng Diyos. Dahil Siya ay isang tao na may diwa ng Diyos, nangingibabaw Siya sa lahat ng taong nilikha, nangingibabaw sa sinumang taong makakagawa ng gawain ng Diyos. Kaya nga, sa lahat ng may katawan ng taong kagaya ng sa Kanya, sa lahat ng nagtataglay ng pagkatao, Siya lamang ang Diyos Mismo na nagkatawang-tao—lahat ng iba pa ay mga taong nilikha. Bagama’t lahat sila ay may pagkatao, walang ibang taglay ang mga tao maliban sa pagkatao, samantalang ang Diyos na nagkatawang-tao ay naiiba: Sa Kanyang katawang-tao hindi lamang Siya may pagkatao kundi, ang mas mahalaga, mayroon Siyang pagka-Diyos. Ang Kanyang pagkatao ay makikita sa panlabas na anyo ng Kanyang katawan at sa Kanyang pang-araw-araw na buhay, ngunit ang Kanyang pagka-Diyos ay mahirap mahiwatigan. Dahil naipapahayag lamang ang Kanyang

pagka-Diyos kapag Siya ay may pagkatao, at hindi higit-sa-karaniwan na tulad ng iniisip ng mga tao, napakahirap para sa mga tao na makita ito. Kahit ngayon, hirap na hirap ang mga tao na arukin ang totoong diwa ng Diyos na nagkatawang-tao. Kahit matapos Akong magsalita nang napakahaba tungkol dito, inaasahan Ko na isa pa rin itong hiwaga sa karamihan sa inyo. Sa katunayan, napakasimple ng isyung ito: Dahil naging tao ang Diyos, ang Kanyang diwa ay isang kumbinasyon ng pagkatao at ng pagka-Diyos. Ang kumbinasyong ito ay tinatawag na Diyos Mismo, Diyos Mismo sa lupa.

Ang buhay na ipinamuhay ni Jesus sa lupa ay isang normal na buhay ng katawang-tao. Namuhay Siya sa normal na pagkatao ng Kanyang katawang-tao. Ang Kanyang awtoridad—na gawin ang Kanyang gawain at sambitin ang Kanyang salita, o pagalingin ang maysakit at palayasin ang mga demonyo, gawin ang gayong di-pangkaraniwang mga bagay—ay hindi nakita, kadalasan, hanggang sa simulan Niya ang Kanyang ministeryo. Ang Kanyang buhay bago mag-edad dalawampu't siyam, bago Niya isinagawa ang Kanyang ministeryo, ay sapat nang patunay na isa lamang Siyang normal na katawang may laman. Dahil dito, at dahil hindi pa Niya nasimulang isagawa ang Kanyang ministeryo, walang nakita ang mga tao na anumang pagka-Diyos sa Kanya, wala silang nakitang higit pa sa isang normal na tao, isang ordinaryong tao—tulad noon, naniwala ang ilang tao na Siya ang anak ni Jose. Ang akala ng mga tao ay anak Siya ng isang ordinaryong tao, wala silang paraan para masabi na Siya ang Diyos na nagkatawang-tao; habang isinasagawa Niya ang Kanyang ministeryo, kahit noong Siya ay magsagawa ng maraming himala, sinabi pa rin ng karamihan sa mga tao na Siya ang anak ni Jose, sapagkat Siya ang Cristo na may katawan ng normal na pagkatao. Ang Kanyang normal na pagkatao at ang Kanyang gawain ay kapwa umiral upang matupad ang kabuluhan ng unang pagkakatawang-tao, upang patunayan na ang Diyos ay ganap na naging tao, na Siya ay naging lubos na ordinaryong tao. Ang Kanyang normal na pagkatao bago Niya sinimulan ang Kanyang gawain ay patunay na Siya ay isang ordinaryong katawang-tao; at na Siya ay gumawa pagkatapos nito ay nagpatunay rin na Siya ay isang ordinaryong katawang-tao, sapagkat nagsagawa Siya ng mga tanda at himala, nagpagaling ng maysakit at nagpalayas ng mga demonyo sa katawang may normal na pagkatao. Kaya Siya nakakagawa ng mga himala ay dahil ang Kanyang katawang-tao ay may awtoridad ng Diyos, ang katawang-taong ibinihis ng Espiritu ng Diyos. Taglay Niya ang awtoridad na ito dahil sa Espiritu ng Diyos, at hindi ito nangangahulugan na Siya ay hindi isang tao. Ang pagpapagaling sa maysakit at pagpapalayas ng mga demonyo ang gawaing kinailangan Niyang isagawa sa Kanyang ministeryo, isang pagpapahayag ito ng Kanyang pagka-Diyos na nakatago sa Kanyang pagkatao, at ano mang mga tanda ang Kanyang ipinakita o paano man Niya ipinamalas ang Kanyang awtoridad, namuhay pa rin Siya sa normal na pagkatao at isa pa ring normal na tao. Hanggang sa dumating sa punto na Siya ay nabuhay na mag-uli matapos mamatay sa krus, nanahan Siya sa loob ng normal na katawan. Ang pagkakaloob ng biyaya, pagpapagaling ng maysakit, at pagpapalayas ng mga demonyo ay bahaging lahat ng Kanyang ministeryo, lahat ay

gawaing Kanyang isinagawa sa Kanyang normal na katawan. Bago Siya ipinako sa krus, hindi Siya kailanman umalis sa Kanyang normal na katawan ng tao, anuman ang Kanyang ginagawa. Siya ang Diyos Mismo, ginagawa ang sariling gawain ng Diyos, subalit dahil Siya ang nagkatawang-taong laman ng Diyos, Siya ay kumain ng pagkain at nagsuot ng damit, nagkaroon ng normal na mga pangangailangan ng tao, nagkaroon ng normal na pangangatwiran ng tao, at normal na pag-iisip ng tao. Lahat ng ito ay patunay na Siya ay isang normal na tao, na nagpatunay na ang nagkatawang-taong laman ng Diyos ay isang laman na may normal na pagkatao, hindi higit-sa-karaniwan. Ang Kanyang tungkulin ay kumpletuhin ang gawain ng unang pagkakatawang-tao ng Diyos, tuparin ang ministryong dapat isagawa sa unang pagkakatawang-tao. Ang kabuluhan ng pagkakatawang-tao ay na isinasagawa ng isang ordinaryo at normal na tao ang gawain ng Diyos Mismo; ibig sabihin, isinasagawa ng Diyos na iyon ang Kanyang banal na gawain sa pagkatao at sa gayon ay nagagapi si Satanas. Ang pagkakatawang-tao ay nangangahulugan na ang Espiritu ng Diyos ay nagiging isang tao, ibig sabihin, ang Diyos ay nagiging tao; ang gawaing ginagawa ng tao ay ang gawain ng Espiritu, na nagiging totoo sa katawang-tao, ipinapahayag ng tao. Walang sinuman maliban sa laman ng Diyos ang makakatupad sa ministryo ng nagkatawang-taong laman ng Diyos; ibig sabihin, tanging ang nagkatawang-taong laman ng Diyos, ang normal na pagkataong ito—at wala nang iba—ang maaaring magpahayag ng banal na gawain. Kung, noong una Siyang pumarito, hindi nagtaglay ang Diyos ng normal na pagkatao bago Siya nag-edad dalawampu't siyam—kung noong Siya ay isilang ay agad Siyang nakagawa ng mga himala, kung noong Siya ay matutong magsalita ay agad Siyang nakapagsalita ng wika ng langit, kung noong una Siyang tumapak sa lupa ay nakaya Niyang huliin ang lahat ng makamundong bagay, mahiwatigan ang mga iniisip at layunin ng bawat tao—hindi maaaring natawag ang taong iyon na isang normal na tao, at hindi maaaring natawag ang katawang iyon na katawan ng tao. Kung nangyari ito kay Cristo, mawawalan ng kahulugan at diwa ang pagkakatawang-tao ng Diyos. Ang pagtataglay Niya ng normal na pagkatao ay nagpapatunay na Siya ang Diyos na nagkatawang-tao sa laman; ang katotohanan na sumailalim Siya sa normal na proseso ng paglaki ng tao ay lalo pang nagpapamalas na Siya ay isang normal na tao; bukod pa ryan, ang Kanyang gawain ay sapat nang patunay na Siya ang Salita ng Diyos, ang Espiritu ng Diyos, na naging tao. Ang Diyos ay naging tao dahil sa mga pangangailangan ng Kanyang gawain; sa madaling salita, ang yugtong ito ng gawain ay kailangang isagawa sa katawang-tao, kailangan itong isagawa sa normal na pagkatao. Ito ang unang kailangan para sa “ang Salita ay naging tao,” para sa “ang Salita ay nagpapakita sa katawang-tao,” at ito ang tunay na kuwento sa likod ng dalawang pagkakatawang-tao ng Diyos. Maaaring maniwala ang mga tao na buong buhay na nagsagawa si Jesus ng mga himala, na wala Siyang ipinakitang tanda ng pagkatao hanggang sa matapos ang Kanyang gawain sa lupa, na wala Siyang normal na mga pangangailangan ng tao o mga kahinaan o emosyon ng tao, hindi nangailangan ng mga pangunahing pangangailangan sa buhay

o nagpasok sa Kanyang isipan ng normal na mga kaisipan ng tao. Iniisip nila na mayroon lamang Siyang higit-sa-karaniwang isipan, isang nangingibabaw na pagkatao. Naniniwala sila na dahil Siya ang Diyos, hindi Siya dapat mag-isip at mamuhay na tulad ng ginagawa ng normal na mga tao, na tanging isang normal na tao, isang tunay na tao, ang makakapag-isip ng normal na mga kaisipan ng tao at makakapamuhay ng isang normal na buhay ng tao. Lahat ng ito ay mga ideya ng tao at mga kuru-kuro ng tao, at ang mga kuru-kuro na ito ay salungat sa orihinal na mga layunin ng gawain ng Diyos. Ang normal na pag-iisip ng tao ay sumusuporta sa normal na pangangatwiran ng tao at normal na pagkatao; ang normal na pagkatao ay sumusuporta sa normal na mga tungkulin ng katawang-tao; at ang normal na mga tungkulin ng katawang-tao ay nagpapagana sa normal na buhay ng katawang-tao sa kabuuan nito. Tanging sa pamamagitan ng paggawa sa gayong katawang-tao maaaring matupad ng Diyos ang layunin ng Kanyang pagkakatawang-tao. Kung ang Diyos na nagkatawang-tao ay nagtaglay lamang ng panlabas na katawan ng laman, ngunit hindi nag-isip ng normal na mga kaisipan ng tao, ang katawang-taong ito ay hindi magtataglay ng pangangatwiran ng tao, lalo pa ng tunay na pagkatao. Paano matutupad ng isang katawang-taong tulad nito, na walang pagkatao, ang ministeryong dapat isagawa ng Diyos na nagkatawang-tao? Ang normal na pag-iisip ay sumusuporta sa lahat ng aspeto ng buhay ng tao; kung walang normal na pag-iisip, hindi magiging tao ang isang tao. Sa madaling salita, ang isang taong hindi nag-iisip ng normal na mga kaisipan ay may sakit sa pag-iisip, at ang isang Cristo na walang pagkatao kundi pagka-Diyos lamang ay hindi masasabing nagkatawang-taong laman ng Diyos. Kaya, paano mawawalan ng normal na pagkatao ang nagkatawang-taong laman ng Diyos? Hindi ba kalapastanganang sabihin na si Cristo ay walang pagkatao? Lahat ng aktibidad na sinasalihan ng normal na mga tao ay umaasa sa takbo ng isang normal na pag-iisip ng tao. Kung wala ito, magiging lihis kung kumilos ang mga tao; ni hindi nila masasabi ang pagkakaiba sa pagitan ng itim at puti, mabuti at masama; at hindi sila magkakaroon ng mabubuting asal ng tao at mga prinsipyong moral. Gayundin, kung hindi nag-isip ang Diyos na nagkatawang-tao na gaya ng isang normal na tao, hindi Siya isang tunay na tao, isang normal na tao. Ang gayong tao na hindi nag-iisip ay hindi makakayang gawin ang banal na gawain. Hindi Niya magagawang normal na makisali sa mga aktibidad ng normal na tao, lalo pa ang mamuhay na kasama ng mga tao sa lupa. Kaya nga, ang kabuluhan ng pagkakatawang-tao ng Diyos, ang pinakadiwa ng pagparito ng Diyos sa katawang-tao, ay mawawala. Umiiral ang pagkatao ng Diyos na nagkatawang-tao para mapanatili ang normal na banal na gawain sa katawang-tao; ang Kanyang normal na pag-iisip ng tao ay sumusuporta sa Kanyang normal na pagkatao at sa lahat ng Kanyang normal na pisikal na aktibidad. Masasabi ng isang tao na ang Kanyang normal na pag-iisip ng tao ay umiiral upang suportahan ang lahat ng gawain ng Diyos sa katawang-tao. Kung ang katawang-taong ito ay hindi nagtaglay ng isang normal na pag-iisip ng tao, hindi maaaring gumawa ang Diyos sa katawang-tao, at hindi maaaring isakatuparan kailanman ang kailangan Niyang gawin

sa katawang-tao. Bagama't ang Diyos na nagkatawang-tao ay nagtataglay ng normal na pag-iisip ng tao, ang Kanyang gawain ay hindi nahahalian ng kaisipan ng tao; ginagawa Niya ang gawain sa pagkataong may normal na pag-iisip, sa ilalim ng kundisyon na magtaglay ng pagkataong may pag-iisip, hindi sa pamamagitan ng pagsasagawa ng normal na kaisipan ng tao. Gaano man katayog ang mga kaisipan ng Kanyang katawang-tao, ang Kanyang gawain ay hindi nababahiran ng lohika o pag-iisip. Sa madaling salita, ang Kanyang gawain ay hindi binubuo ng pag-iisip ng Kanyang katawang-tao, kundi isang direktang pagpapahayag ng banal na gawain sa Kanyang pagkatao. Ang Kanyang buong gawain ay ang ministryong kailangan Niyang tuparin, at walang anuman dito ang inisip ng Kanyang utak. Halimbawa, pagpapagaling ng maysakit, pagpapalayas ng mga demonyo, at pagpapako sa krus ay hindi mga produkto ng Kanyang pag-iisip bilang tao, at hindi maaaring makamtan ng sinumang tao na may pag-iisip ng tao. Gayundin, ang gawain ng panlulupig ngayon ay isang ministryong kailangang isagawa ng Diyos na nagkatawang-tao, ngunit hindi ito ang gawain ng kagustuhan ng tao, ito ang gawaing dapat gawin ng Kanyang pagka-Diyos, gawaing hindi kayang gawin ng sinumang taong may laman. Kaya ang Diyos na nagkatawang-tao ay kailangang magtaglay ng isang normal na pag-iisip ng tao, kailangang magtaglay ng normal na pagkatao, dahil kailangan Niyang isagawa ang Kanyang gawain sa pagkataong may normal na pag-iisip. Ito ang diwa ng gawain ng Diyos na nagkatawang-tao, ang pinakadiwa ng Diyos na nagkatawang-tao.

Bago isinagawa ni Jesus ang gawain, namuhay lamang Siya sa Kanyang normal na pagkatao. Walang sinumang makapagsabi na Siya ang Diyos, walang sinumang nakaalam na Siya ang Diyos na nagkatawang-tao; kilala lamang Siya ng mga tao bilang isang ganap na ordinaryong tao. Ang Kanyang lubos na ordinaryo at normal na pagkatao ay patunay na ang Diyos ay nagkatawang-tao sa laman, at na ang Kapanahunan ng Biyaya ang kapanahunan ng gawain ng Diyos na nagkatawang-tao, hindi ang kapanahunan ng gawain ng Espiritu. Patunay ito na ang Espiritu ng Diyos ay ganap na nagkatotoo sa katawang-tao, na sa kapanahunan ng pagkakatawang-tao ng Diyos ay isasagawa ng Kanyang katawang-tao ang lahat ng gawain ng Espiritu. Ang Cristong may normal na pagkatao ay isang katawang-tao kung saan naging totoo ang Espiritu, at nagtataglay ng normal na pagkatao, normal na diwa, at pag-iisip ng tao. Ang “maging totoo” ay nangangahulugan na ang Diyos ay nagiging tao, ang Espiritu ay nagiging tao; para mas malinaw, ito ay kapag nanahan ang Diyos Mismo sa isang katawang may normal na pagkatao, at sa pamamagitan nito ay ipinapahayag Niya ang Kanyang banal na gawain—ito ang ibig sabihin ng maging totoo, o magkatawang-tao. Sa una Niyang pagkakatawang-tao, kinailangan ng Diyos na magpagaling ng maysakit at magpalayas ng mga demonyo, dahil ang Kanyang gawain ay tumubos. Upang matubos ang buong lahi ng tao, kinailangan Niyang maging mahabagin at mapagpatawad. Ang gawaing Kanyang ginawa bago Siya ipinako sa krus ay ang magpagaling ng maysakit at magpalayas ng mga demonyo, na nagbadya ng Kanyang pagliligtas sa tao mula sa

kasalanan at karumihan. Dahil ito ang Kapanahunan ng Biyaya, kinailangan Niyang pagalingin ang maysakit, sa gayon ay nagpapakita Siya ng mga tanda at himala, na kumatawan sa biyaya noong panahong iyon—sapagkat ang Kapanahunan ng Biyaya ay nakasentro sa pagkakaloob ng biyaya, na isinasagisag ng kapayapaan, kagalakan, at materyal na mga biyaya, lahat ay palatandaan ng pananampalataya ng mga tao kay Jesus. Ibig sabihin, ang pagpapagaling ng maysakit, pagpapalayas ng mga demonyo, at pagkakaloob ng biyaya ay mga likas na abilidad ng katawang-tao ni Jesus sa Kapanahunan ng Biyaya, ang mga ito ay gawain ng Espiritung naging totoo sa katawang-tao. Ngunit habang nagsasagawa Siya ng gayong gawain, namuhay Siya sa katawang-tao, at hindi nangibabaw sa katawang-tao. Anumang mga pagpapagaling ang Kanyang isinagawa, taglay pa rin Niya ang normal na pagkatao, namuhay pa rin ng normal na buhay ng tao. Kaya Ko sinasabi na sa panahon ng pagkakatawang-tao ng Diyos ay isinagawa ng katawang-tao ang lahat ng gawain ng Espiritu, ay dahil anumang gawain ang Kanyang ginawa, ginawa Niya iyon sa katawang-tao. Ngunit dahil sa Kanyang gawain, hindi itinuring ng mga tao na ang Kanyang katawang-tao ay nagtataglay ng ganap na pisikal na diwa, sapagkat ang katawang-taong ito ay kayang gumawa ng mga himala, at sa tiyak na espesyal na mga sandali ay kayang gumawa ng mga bagay na nangibabaw sa laman. Siyempre, lahat ng pangyayaring ito ay naganap pagkatapos Niyang simulan ang Kanyang ministeryo, gaya ng pagsubok sa Kanya sa loob ng apatnapung araw o pagbabagong-anyo sa bundok. Kaya kay Jesus, ang kahulugan ng pagkakatawang-tao ng Diyos ay hindi natapos, kundi bahagi pa lamang ang natupad. Ang buhay na Kanyang ipinamuhay sa katawang-tao bago Siya nagsimula sa Kanyang gawain ay lubos na normal sa lahat ng aspeto. Matapos Niyang simulan ang gawain, pinanatili lamang Niya ang panlabas na katawan ng Kanyang laman. Dahil ang Kanyang gawain ay isang pagpapahayag ng pagka-Diyos, nahigitan nito ang normal na mga tungkulin ng laman. Kunsabagay, ang nagkatawang-taong laman ng Diyos ay iba sa mga taong may laman at dugo. Siyempre, sa Kanyang pang-araw-araw na buhay, kinailangan Niya ng pagkain, damit, tulog, at tirahan, kinailangan Niya ang lahat ng normal na pangangailangan, at nagkaroon Siya ng pakiramdam ng normal na tao, at nag-isip na gaya ng normal na tao. Itinuring Siya ng mga tao na isang normal na tao, kaya lamang ay higit-sa-karaniwan ang gawaing Kanyang ginawa. Ang totoo, anuman ang Kanyang ginawa, nabuhay Siya sa isang ordinaryo at normal na pagkatao, at sa ganang pagsasagawa Niya ng gawain, ang Kanyang diwa ay lalo nang normal, ang Kanyang mga kaisipan lalo na ay malinaw, nang higit kaysa sa sinupamang normal na tao. Kinailangan ng Diyos na nagkatawang-tao na magkaroon ng gayong pag-iisip at pakiramdam, sapagkat ang banal na gawain ay kinailangang ipahayag ng isang katawang-tao na ang pakiramdam ay normal na normal at ang mga kaisipan ay napakaliwanag—sa ganitong paraan lamang maaaring ipahayag ng Kanyang katawang-tao ang banal na gawain. Sa buong tatlumpu't tatlo't kalahating taon na nabuhay si Jesus sa lupa, pinanatili Niya ang Kanyang normal na pagkatao, ngunit dahil sa Kanyang gawain noong panahon ng Kanyang tatlo't kalahating

taon ng ministryo, inakala ng mga tao na Siya ay lubhang nangingibabaw, na Siya ay lalo pang higit-sa-karaniwan kaysa rati. Ang totoo, ang normal na pagkatao ni Jesus ay nanatiling di-nagbabago bago at pagkatapos Niyang simulan ang Kanyang ministryo; ang Kanyang pagkatao ay pareho hanggang katapusan, ngunit dahil sa pagkakaiba bago at pagkatapos Niyang simulan ang Kanyang ministryo, dalawang magkaibang pananaw ang lumitaw tungkol sa Kanyang katawang-tao. Anuman ang isipin ng mga tao, pinanatili ng Diyos na nagkatawang-tao ang Kanyang orihinal at normal na pagkatao sa buong panahon, sapagkat mula nang magkatawang-tao ang Diyos, namuhay Siya sa katawang-tao, ang katawang-taong may normal na pagkatao. Isinasagawa man Niya noon ang Kanyang ministryo o hindi, hindi maaaring mabura ang normal na pagkatao ng Kanyang katawang-tao, sapagkat ang pagkatao ang pangunahing kakanyahan ng laman. Bago isinagawa ni Jesus ang Kanyang ministryo, nanatiling ganap na normal ang Kanyang katawang-tao, na sumasali sa lahat ng ordinaryong aktibidad ng tao; kahit bahagya ay hindi Siya nagmukhang higit-sa-karaniwan, hindi nagpakita ng anumang mahimalang mga tanda. Noon, isa lamang Siyang napaka-karaniwang tao na sumamba sa Diyos, bagama't ang Kanyang pagsisikap ay mas matapat, mas taos-puso kaysa kaninuman. Ganito Niya naipakita na lubos na normal ang Kanyang pagkatao. Dahil wala Siyang ginawang anumang gawain bago Niya tinanggap ang Kanyang ministryo, walang sinumang nakabatid sa Kanyang pagkakakilanlan, walang sinumang makapagsabi na ang Kanyang katawang-tao ay naiiba sa lahat ng iba pa, sapagkat hindi Siya gumawa ng kahit isang himala, hindi Siya nagsagawa ng kahit katiting na sariling gawain ng Diyos. Gayunman, matapos Niyang simulang isagawa ang Kanyang ministryo, pinanatili Niya ang panlabas na katawan ng normal na pagkatao at namuhay pa rin nang may normal na pangangatwiran ng tao, ngunit dahil sa nasimulan na Niyang gawin ang gawain ng Diyos Mismo, tanggapin ang ministryo ni Cristo at gawin ang gawaing hindi kaya ng mortal na mga nilalang, mga taong may laman at dugo, inakala ng mga tao na wala Siyang normal na pagkatao at hindi isang ganap na normal na tao, kundi isang di-ganap na tao. Dahil sa gawaing Kanyang isinagawa, sinabi ng mga tao na Siya ay isang Diyos sa katawang-tao na walang normal na pagkatao. Mali ang gayong pagkaunawa, sapagkat hindi maintindihan ng mga tao ang kabuluhan ng pagkakatawang-tao ng Diyos. Ang maling pagkaunawang ito ay umusbong mula sa katotohanan na ang gawaing ipinahayag ng Diyos sa katawang-tao ay ang banal na gawain, na ipinahayag sa isang katawang-tao na nagkaroon ng normal na pagkatao. Ang Diyos ay nakabihis sa katawang-tao, nanahan sa loob ng katawang-tao, at ang Kanyang gawain sa Kanyang pagkatao ay nagpalabo sa normalidad ng Kanyang pagkatao. Dahil dito, naniwala ang mga tao na ang Diyos ay walang pagkatao kundi pagka-Diyos lamang.

Hindi kinumpleto ng Diyos sa una Niyang pagkakatawang-tao ang gawain ng pagkakatawang-tao; tinapos lamang Niya ang unang hakbang ng gawain na kinailangang gawin ng Diyos sa katawang-tao. Kaya, upang matapos ang gawain ng pagkakatawang-tao, minsan pang nagbalik sa katawang-tao ang Diyos, na isinasabuhay ang lahat ng

normalidad at realidad ng katawang-tao, ibig sabihin, ipinapakita ang Salita ng Diyos sa isang lubos na normal at ordinaryong katawang-tao, sa gayon ay tinatapos ang gawaing iniwan Niyang hindi tapos sa katawang-tao. Sa totoo lang, ang pangalawang nagkatawang-taong laman ay katulad ng una, ngunit mas makatotohanan pa ito, mas normal pa kaysa sa una. Dahil dito, ang pagdurusang tinitiiis ng pangalawang nagkatawang-taong laman ay higit kaysa roon sa una, ngunit ang pagdurusang ito ay resulta ng Kanyang ministeryo sa katawang-tao, na iba sa pagdurusang ng taong nagawang tiwali. Nagmumula rin ito sa normalidad at realidad ng Kanyang katawang-tao. Dahil isinasagawa Niya ang Kanyang ministeryo sa lubos na normal at totoong katawang-tao, kailangang magtiis ng matinding hirap ang katawang-tao. Kapag mas normal at totoo ang katawang-tao, mas magdurusang Siya sa pagsasagawa ng Kanyang ministeryo. Ang gawain ng Diyos ay ipinapahayag sa napaka-normal na katawang-tao, na hindi man lamang higit-sa-karaniwan. Dahil normal ang Kanyang katawang-tao at kailangan din nitong balikatin ang gawain ng pagliligtas sa tao, nagdurusang Siya nang mas matindi pa kaysa sa pagdurusang higit-sa-karaniwang katawang-tao—at lahat ng pagdurusang ito ay nagmumula sa realidad at normalidad ng Kanyang katawang-tao. Mula sa pagdurusang napagdaanan ng dalawang nagkatawang-taong laman habang isinasagawa ang Kanilang mga ministeryo, makikita ng isang tao ang diwa ng nagkatawang-taong laman. Kapag mas normal ang katawang-tao, mas matinding hirap ang kailangan Niyang tiisin habang ginagawa ang gawain; kapag mas totoo ang katawang-taong gumagawa ng gawain, mas mabagsik ang mga kuru-kuro ng tao, at malamang na mas maraming panganib ang sumapit sa Kanya. Subalit, kapag mas tunay ang katawang-tao, at mas taglay ng katawang-tao ang mga pangangailangan at ganap na pakiramdam ng isang normal na tao, mas may kakayahan Siyang tanggapin ang gawain ng Diyos sa katawang-tao. Ang katawang-tao ni Jesus ang ipinako sa krus, ang Kanyang katawang-tao ang Kanyang isinuko bilang handog dahil sa kasalanan; tinalo Niya si Satanas sa pamamagitan ng isang katawang-taong may normal na pagkatao at ganap na iniligtas ang tao mula sa krus. At bilang isang ganap na katawang-tao isinasagawa ng Diyos sa Kanyang pangalawang pagkakatawang-tao ang gawain ng panlulupig at tinatalo si Satanas. Ang isang katawang-tao lamang na ganap na normal at totoo ang makapagsasagawa ng gawain ng panlulupig sa kabuuan nito at makapagbibigay ng malakas na patotoo. Ibig sabihin, ang paglupig sa tao ay nagiging epektibo sa pamamagitan ng realidad at normalidad ng Diyos sa katawang-tao, hindi sa pamamagitan ng higit-sa-karaniwang mga himala at paghahayag. Ang ministeryo ng Diyos na nagkatawang-taong ito ay upang magsalita, at sa gayon ay malupig at magawang perpekto ang tao; sa madaling salita, ang gawain ng Espiritu na naging totoo sa katawang-tao, ang tungkulin ng katawang-tao, ay magsalita at sa gayon ay malupig, mabunyang, magawang perpekto, at maalisan nang tuluyan ang tao. Kaya nga, sa gawain ng panlulupig maisasakatuparan nang buong-buo ang gawain ng Diyos sa katawang-tao. Ang paunang gawain ng pagtubos ay simula lamang ng gawain ng pagkakatawang-tao; kukumpletuhin ng katawang-taong nagsasagawa ng gawain ng panlulupig ang

buong gawain ng pagkakatawang-tao. Sa kasarian, ang isa ay lalaki at ang isa pa ay babae, kaya nakukumpleto ang kabuluhan ng pagkakatawang-tao ng Diyos, at naiwawaksi ang mga kuru-kuro ng tao tungkol sa Diyos: Ang Diyos ay maaaring maging kapwa lalaki at babae, at sa totoo lang, ang Diyos ay walang kasarian. Nilikha Niya kapwa ang lalaki at babae, at para sa Kanya, walang pagkakahati ng kasarian. Sa yugtong ito ng gawain, hindi nagsasagawa ng mga tanda at himala ang Diyos, kaya makakamit ng gawain ang mga resulta nito sa pamamagitan ng mga salita. Bukod pa ryan, ito ay dahil ang gawain ng Diyos na nagkatawang-tao sa pagkakataong ito ay hindi upang magpagaling ng maysakit at magpalayas ng mga demonyo, kundi upang lupigin ang tao sa pamamagitan ng pagsasalita, na ibig sabihin ay na ang likas na kakayahang taglay nitong nagkatawang-taong laman ng Diyos ay sumambit ng mga salita at lupigin ang tao, hindi para magpagaling ng maysakit at magpalayas ng mga demonyo. Ang Kanyang gawain sa normal na pagkatao ay hindi upang gumawa ng mga himala, hindi upang magpagaling ng maysakit at magpalayas ng mga demonyo, kundi ang magsalita, kaya ang pangalawang nagkatawang-taong laman ay mukhang mas normal sa mga tao kaysa sa una. Nakikita ng mga tao na totoo ang pagkakatawang-tao ng Diyos; ngunit iba itong Diyos na nagkatawang-tao kay Jesus na nagkatawang-tao, at kahit pareho Silang Diyos na nagkatawang-tao, hindi Sila lubos na magkapareho. Si Jesus ay nagtaglay ng normal na pagkatao, ordinaryong pagkatao, ngunit sinamahan Siya ng mga tanda at himala. Sa Diyos na ito na nagkatawang-tao, ang mga mata ng tao ay walang makikitang mga tanda o himala, walang pagpapagaling ng maysakit ni pagpapalayas ng mga demonyo, ni paglakad sa ibabaw ng dagat, ni pag-aayuno sa loob ng apatnapung araw.... Hindi Niya ginagawa ang kaparehong gawaing ginawa ni Jesus, hindi dahil, sa totoo lang, ang Kanyang katawang-tao ay iba kaysa kay Jesus, kundi dahil hindi ang pagpapagaling ng maysakit at pagpapalayas ng mga demonyo ang Kanyang ministeryo. Hindi Niya sinisira ang Kanyang sariling gawain, hindi Niya ginagambala ang Kanyang sariling gawain. Dahil nilulupig Niya ang tao sa pamamagitan ng Kanyang tunay na mga salita, hindi na kailangang supilin siya sa mga himala, kaya nga ang yugtong ito ay upang kumpletuhin ang gawain ng pagkakatawang-tao. Ang Diyos na nagkatawang-tao na nakikita mo ngayon ay ganap na isang katawang-tao, at walang anumang higit-sa-karaniwan tungkol sa Kanya. Siya ay nagkakasakit tulad ng iba, nangangailangan ng pagkain at damit tulad ng iba; Siya ay ganap na isang katawang-tao. Kung, sa pagkakataong ito, nagsagawa ang Diyos na nagkatawang-tao ng mga tanda at himalang higit-sa-karaniwan, kung nagpagaling Siya ng maysakit, nagpalayas ng mga demonyo, o maaaring pumatay sa isang salita, paano matutupad ang gawain ng panlulupig? Paano mapapalaganap ang gawain sa mga bansang Hentil? Ang pagpapagaling ng maysakit at pagpapalayas ng mga demonyo ang gawain ng Kapanahunan ng Biyaya, iyon ang unang hakbang sa gawain ng pagtubos, at ngayong nailigtas na ng Diyos ang tao mula sa krus, hindi na Niya isinasagawa ang gawaing iyon. Kung, sa mga huling araw, nagpakita ang isang “Diyos” na kapareho ni Jesus, na nagpagaling ng maysakit, nagpalayas ng mga demonyo,

at ipinako sa krus para sa tao, ang “Diyos” na iyon, bagama’t kamukha ng inilarawang Diyos sa Bibliya at madaling tanggapin ng tao, sa kakanyahan nito, ay hindi magiging katawang-taong ibinihis ng Espiritu ng Diyos, kundi ng isang masamang espiritu. Sapagkat prinsipyo ng gawain ng Diyos na hindi kailanman ulitin ang natapos na Niya. Kaya nga, ang gawain ng pangalawang pagkakatawang-tao ng Diyos ay iba sa gawain noong una. Sa mga huling araw, naunawaan ng Diyos ang gawain ng panlulupig sa isang ordinaryo at normal na katawang-tao; hindi Niya pinagagaling ang maysakit, hindi Siya ipapako sa krus para sa tao, kundi nagsasalita lamang ng mga salita sa katawang-tao, at nilulupig ang tao sa katawang-tao. Ang gayong katawang-tao lamang ang katawang-tao ng Diyos na nagkatawang-tao; ang gayong katawang-tao lamang ang maaaring tumapos sa gawain ng Diyos sa katawang-tao.

Kung sa yugtong ito ay nagtitiis ng hiras o nagsasagawa ng Kanyang ministryo ang Diyos na nagkatawang-tao, ginagawa Niya ito upang gawing ganap ang kahulugan ng pagkakatawang-tao, sapagkat ito ang huling pagkakatawang-tao ng Diyos. Dalawang beses lamang maaaring magkatawang-tao ang Diyos. Hindi maaaring magkaroon ng pangatlo. Ang unang pagkakatawang-tao ay lalaki, ang pangalawa ay babae, kaya nga ang larawan ng katawang-tao ng Diyos ay kinukumpleto sa isipan ng tao; bukod doon, natapos na ng dalawang pagkakatawang-tao ang gawain ng Diyos sa katawang-tao. Ang unang pagkakataon, nagtaglay ang Diyos na nagkatawang-tao ng normal na pagkatao upang gawing ganap ang kahulugan ng pagkakatawang-tao. Sa pagkakataong ito ay nagtataglay rin Siya ng normal na pagkatao, ngunit iba ang kahulugan ng pagkakatawang-taong ito: Ito ay mas malalim, at ang Kanyang gawain ay may mas malalim na kabuluhan. Minsan pang naging tao ang Diyos upang gawing ganap ang kahulugan ng pagkakatawang-tao. Kapag lubos na nawakasan ng Diyos ang yugtong ito ng Kanyang gawain, ang buong kahulugan ng pagkakatawang-tao, ibig sabihin, ang gawain ng Diyos sa katawang-tao, ay makukumpleto, at wala nang gawaing gagawin sa katawang-tao. Ibig sabihin, mula ngayon ay hindi na muling magkakatawang-tao ang Diyos kailanman upang gawin ang Kanyang gawain. Ginagawa lamang ng Diyos ang gawain ng pagkakatawang-tao upang iligtas at gawing perpekto ang sangkatauhan. Sa madaling salita, hindi karaniwan para sa Diyos ang pagkakatawang-tao, maliban kung para sa kapakanan ng gawain. Sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao upang gumawa, ipinapakita Niya kay Satanas na ang Diyos ay isang tao, isang normal na tao, isang ordinaryong tao—subalit maaaring maghari Siya nang matagumpay sa buong mundo, talunin Niya si Satanas, tubusin ang sangkatauhan, lupigin ang sangkatauhan! Binibitag ni Satanas ang tao sa walang-hanggang kalaliman, samantalang sinasagip siya ng Diyos mula rito. Ginagawa ni Satanas na sambahin ito ng lahat ng tao, samantalang isinasailalim sila ng Diyos sa Kanyang kapamahalaan, sapagkat Siya ang Diyos ng paglikha. Lahat ng gawaing ito ay nagagawa sa pamamagitan ng dalawang pagkakatawang-tao ng Diyos. Sa totoo lang, ang Kanyang katawang-tao ay ang pagsasama ng pagkatao at pagka-Diyos, at nagtataglay ng normal na pagkatao. Kaya kung wala ang nagkatawang-taong

laman ng Diyos, hindi maaaring makamit ng Diyos ang mga resulta ng pagliligtas sa sangkatauhan, at kung walang normal na pagkatao ang Kanyang katawang-tao, hindi pa rin maaaring makamit ng Kanyang gawain sa katawang-tao ang mga resulta. Ang diwa ng pagkakatawang-tao ng Diyos ay na kailangan Siyang magtaglay ng normal na pagkatao; sapagkat kung hindi ay sasalungat ito sa orihinal na pakay ng Diyos sa pagkakatawang-tao.

Bakit Ko sinasabi na hindi nakumpleto ang kahulugan ng pagkakatawang-tao sa gawain ni Jesus? Dahil ang Salita ay hindi lubos na naging tao. Ang ginawa ni Jesus ay isang bahagi lamang ng gawain ng Diyos sa katawang-tao; ginawa lamang Niya ang gawain ng pagtubos, at hindi Niya ginawa ang gawaing lubos na maangkin ang tao. Dahil dito, minsan pang naging tao ang Diyos sa mga huling araw. Ang yugtong ito ng gawain ay ginagawa rin sa isang ordinaryong katawan; isinasagawa ito ng isang lubos na normal na tao, isang tao na ang pagkatao ay hindi nangingibabaw ni katiting. Sa madaling salita, ang Diyos ay naging isang ganap na tao; Siya ay isang taong ang pagkakakilanlan ay sa Diyos, isang ganap na tao, isang ganap na katawang-tao, na nagsasagawa ng gawain. Nakikita ng mga mata ng tao ang isang katawang may laman na hindi man lamang nangingibabaw sa lahat, isang lubhang ordinaryong taong nakapagsasalita ng wika ng langit, na hindi nagpapakita ng mahimalang mga tanda, hindi gumagawa ng mga himala, lalo nang hindi naglalantad ng nakapaloob na katotohanan tungkol sa relihiyon sa malalaking bulwagan ng pagpupulong. Para sa mga tao, ang gawain ng pangalawang nagkatawang-taong laman ay tila lubos na hindi kagaya ng sa una, kaya tila walang anumang pagkakatulad ang dalawa, at walang anumang nasa gawain sa una ang makikita sa pagkakataong ito. Bagama't ang gawain ng pangalawang nagkatawang-taong laman ay iba kaysa sa una, hindi niyan pinatutunayan na ang pinagmulan Nila ay magkaiba. Pareho man ang Kanilang pinagmulan ay depende sa likas na katangian ng gawaing ginawa ng mga taong ito, at hindi sa Kanilang panlabas na katawan. Sa tatlong yugto ng Kanyang gawain, dalawang beses nagkatawang-tao ang Diyos, at ang gawain ng Diyos na nagkatawang-tao sa dalawang kapanahunang ito ay nagpasimula ng isang bagong kapanahunan, nagpahayag ng isang bagong gawain; pinupunan ng mga pagkakatawang-tao ang isa't isa. Imposibleng masabi ng mga mata ng tao na ang dalawang katawang-tao ay talagang iisa ang pinagmulan. Malinaw na hindi ito maabot ng kakayahan ng mata ng tao o ng isipan ng tao. Ngunit sa Kanilang diwa, Sila ay iisa, sapagkat ang Kanilang gawain ay mula sa iisang Espiritu. Nagmumula man ang dalawang nagkatawang-taong laman sa iisang pinagmulan ay hindi masasabi ng kapanahunan at ng lugar kung saan Sila isinilang, o ng iba pang gayong mga sitwasyon, kundi sa pamamagitan ng banal na gawaing Kanilang ipinahayag. Ang pangalawang nagkatawang-taong laman ay hindi nagsasagawa ng anuman sa gawaing ginawa ni Jesus, sapagkat ang gawain ng Diyos ay hindi sumusunod sa nakasanayan, kundi nagbubukas ng isang bagong daan sa bawat pagkakataon. Ang pangalawang pagkakatawang-tao ay hindi nilayong palalimin o patatagin ang impresyon sa isipan ng

mga tao tungkol sa unang katawang-tao, kundi upang punan at gawin itong perpekto, palalimin ang kaalaman ng tao tungkol sa Diyos, suwayin ang lahat ng panuntunang umiiral sa puso ng mga tao, at palisin ang mga maling larawan ng Diyos sa kanilang puso. Masasabi na walang indibiduwal na yugto ng sariling gawain ng Diyos ang makapagbibigay sa tao ng lubos na kaalaman tungkol sa Kanya; bawat isa ay nagbibigay lamang ng isang bahagi, hindi ng kabuuan. Bagama't ipinahayag na ng Diyos ang Kanyang buong disposisyon, dahil sa limitadong kakayahan ng tao na umunawa, hindi pa rin kumpleto ang kanyang kaalaman tungkol sa Diyos. Imposible, gamit ang wika ng tao, na ihatid ang kabuuan ng disposisyon ng Diyos; bukod pa ryan, paano lubos na maipapahayag ang Diyos sa iisang yugto ng Kanyang gawain? Siya ay gumagawa sa katawang-tao sa ilalim ng takip ng Kanyang normal na pagkatao, at makikilala lamang Siya ng isang tao sa pamamagitan ng mga pagpapahayag ng Kanyang pagka-Diyos, hindi sa pamamagitan ng Kanyang panlabas na katawan. Nagkakatawang-tao ang Diyos para tulutan ang tao na makilala Siya sa pamamagitan ng Kanyang iba't ibang gawain, at walang dalawang yugto ng Kanyang gawain ang magkapareho. Sa ganitong paraan lamang maaaring magkaroon ang tao ng lubos na kaalaman tungkol sa gawain ng Diyos sa katawang-tao, nang hindi nakatuon sa iisang aspeto. Bagama't magkaiba ang gawain ng dalawang nagkatawang-taong laman, ang diwa ng mga katawang-tao, at ang pinagmulan ng Kanilang gawain, ay magkapareho; kaya lamang ay umiiral Sila para isagawa ang dalawang magkaibang yugto ng gawain, at lumitaw sa dalawang magkaibang kapanahunan. Ano't anuman, iisa ang diwa at pinagmulan ng mga nagkatawang-taong laman ng Diyos—ito ay isang katotohanan na walang sinumang makapagkakaila.

Ang Gawain ng Diyos at ang Pagsasagawa ng Tao

Ang gawain ng Diyos sa gitna ng mga tao ay hindi maihihiwalay sa tao, dahil ang tao ay ang layon ng gawaing ito, at ang tanging nilikha ng Diyos na kayang magpatotoo sa Diyos. Ang buhay ng tao at ang lahat ng gawain ng tao ay hindi maihihiwalay sa Diyos, at kinokontrol lahat ng mga kamay ng Diyos, at masasabi pa na walang tao ang maaaring umiral nang hiwalay sa Diyos. Walang maaaring magkaila nito, dahil ito ay isang katunayan. Ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay para sa kapakinabangan ng sangkatauhan, at nakatuon laban sa mga pakana ni Satanas. Ang lahat ng kailangan ng tao ay nanggagaling sa Diyos, at ang Diyos ang pinagmumulan ng buhay ng tao. Kaya, ang tao ay sadyang hindi kayang mawalay sa Diyos. Ang Diyos, higit pa rito, ay hindi nagkaroon kailanman ng hangaring mawalay sa tao. Ang gawain na ginagawa ng Diyos ay para sa kapakanan ng buong sangkatauhan, at ang mga iniisip Niya ay laging mabuti. Kung gayon, para sa tao, ang gawain ng Diyos at ang mga iniisip ng Diyos (ibig sabihin, ang kalooban ng Diyos) ay kapwa “mga pangitain” na dapat malaman ng tao. Ang gayong mga pangitain ay ang pamamahala rin ng Diyos, at gawain na hindi kayang magawa ng tao. Samantala,

ang mga hinihingi ng Diyos sa tao sa panahon ng Kanyang gawain ay tinatawag na “pagsasagawa” ng tao. Ang mga pangitain ay ang gawain ng Diyos Mismo, o ang kalooban Niya para sa sangkatauhan o ang mga layunin at kahalagahan ng gawain Niya. Ang mga pangitain ay masasabi ring bahagi ng pamamahala, dahil ang pamamahalang ito ay ang gawain ng Diyos, at ito ay nakatuon sa tao, na nangangahulugang ito ang gawain na ginagawa ng Diyos sa gitna ng mga tao. Ang gawaing ito ang patunay at ang daan kung saan nakikilala ng tao ang Diyos, at ito ay napakahalaga para sa tao. Kung sa halip na magbigay-pansin sa pagkilala sa gawain ng Diyos ay nagbibigay-pansin lamang ang mga tao sa mga doktrina ng paniniwala sa Diyos, o sa mabababaw at di-mahahalagang detalye, sadyang hindi nila makikilala ang Diyos, at, higit pa rito, hindi sila magiging kaayon ng puso ng Diyos. Ang gawain ng Diyos na lubhang makatutulong sa pagkakilala ng tao sa Diyos ay tinatawag na mga pangitain. Ang mga pangitaing ito ang gawain ng Diyos, ang kalooban ng Diyos, at ang mga layunin at kahalagahan ng gawain ng Diyos; ang lahat ng ito ay kapaki-pakinabang sa tao. Ang pagsasagawa ay tumutukoy sa kung ano ang dapat gawin ng tao, yaong dapat gawin ng mga nilalang na sumusunod sa Diyos, at ito ay tungkulin din ng tao. Kung ano ang dapat na gawin ng tao ay hindi isang bagay na naunawaan ng tao mula sa pinakasimula, kundi mga hinihingi ng Diyos sa tao sa panahon ng gawain Niya. Ang mga hinihinging ito ay unti-unting lumalalim at tumataas habang gumagawa ang Diyos. Halimbawa, sa Kapanahunan ng Kautusan, kinailangang sundin ng tao ang batas, at sa Kapanahunan ng Biyaya, kinailangang pasanin ng tao ang krus. Iba ang Kapanahunan ng Kaharian: Ang mga hinihingi sa tao ay mas matataas kaysa sa Kapanahunan ng Kautusan at sa Kapanahunan ng Biyaya. Habang ang mga pangitain ay mas tumataas, ang mga hinihingi sa tao ay lalo pang tumataas, at lalo pang lumilina at nagiging mas totoo. Gayon din, ang mga pangitain ay lalo’t lalong nagiging mas totoo. Ang maraming totoong pangitaing ito ay hindi lamang kapaki-pakinabang sa pagsunod ng tao sa Diyos, kundi, higit pa rito, ay kapaki-pakinabang sa kanyang pagkakilala sa Diyos.

Kung ihahambing sa mga nakalipas na kapanahunan, ang gawain ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian ay mas praktikal, mas nakatuon sa diwa ng tao at sa mga pagbabago sa kanyang disposisyon, at mas nakapagpapatotoo sa Diyos Mismo para sa lahat ng sumusunod sa Kanya. Sa madaling salita, noong Kapanahunan ng Kaharian, habang Siya ay gumagawa, mas ipinamamalas ng Diyos ang Sarili Niya sa tao kaysa sa iba pang panahon sa nakalipas, nangangahulugan na ang mga pangitain na nararapat malaman ng tao ay mas mataas kaysa sa anumang nakalipas na kapanahunan. Dahil ang gawain ng Diyos sa gitna ng tao ay pumasok na sa isang larangang hindi pa napasok noon, ang mga pangitaing nalalaman ng tao sa Kapanahunan ng Kaharian ang pinakamataas sa lahat ng gawaing pamamahala. Ang gawain ng Diyos ay pumasok na sa hindi pa napasok na larangan, kaya’t ang mga pangitain na malalaman ng tao ay naging ang pinakamataas sa lahat ng pangitain, at ang naibungang pagsasagawa ng tao ay mas mataas din kaysa sa anumang nakalipas na kapanahunan, dahil ang

pagsasagawa ng tao ay nagbabago alinsunod sa mga pangitain, at ang pagkaperpekto ng mga pangitain ay tanda rin ng pagkaperpekto ng mga hinihingi sa tao. Sa sandaling ang lahat ng pamamahala ng Diyos ay huminto, gayundin hihinto ang pagsasagawa ng tao, at kung wala ang gawain ng Diyos, walang magagawa ang tao kundi ang manatili sa doktrina ng nakalipas, kung hindi ay wala na siyang mababalingan. Kung walang mga bagong pangitain, walang magiging bagong pagsasagawa ang tao; kung walang ganap na mga pangitain, walang magiging perpektong pagsasagawa ang tao; kung walang mas mataas na mga pangitain, walang magiging mas mataas na pagsasagawa ang tao. Ang pagsasagawa ng tao ay nagbabago ayon sa mga yapak ng Diyos, at, gayundin, ang kaalaman at karanasan ng tao ay nagbabago rin ayon sa gawain ng Diyos. Gaano man kahusay ang tao, hindi pa rin siya maihihiwalay sa Diyos, at kung hihinto sa paggawa ang Diyos kahit isang saglit, agad na mamamatay ang tao mula sa Kanyang galit. Walang maipagyayabang ang tao, dahil gaano man kataas ang kaalaman ng tao ngayon, gaano man kalalim ang kanyang mga karanasan, hindi siya maihihiwalay sa gawain ng Diyos—dahil ang pagsasagawa ng tao, at yaong dapat niyang hanapin sa kanyang paniniwala sa Diyos, ay hindi maihihiwalay sa mga pangitain. Sa bawat pagkakataon ng gawain ng Diyos, mayroong mga pangitaing dapat malaman ng tao, at, kasunod ng mga ito, mayroong mga angkop na hinihingi sa tao. Kung wala ang mga pangitaing ito bilang saligan, sadyang hindi kayang magsagawa ng tao, at hindi rin magagawang lubos na sumunod sa Diyos. Kung hindi kilala ng tao ang Diyos o hindi niya nauunawaan ang Kanyang kalooban, lahat ng ginagawa ng tao ay walang kabuluhan, at hindi masasang-ayunan ng Diyos. Gaano man kasagana ang mga kaloob sa tao, hindi pa rin siya maihihiwalay sa gawain at sa patnubay ng Diyos. Gaano man kabuti o karami ang mga pagkilos ng tao, hindi pa rin mapapalitan ng mga ito ang gawain ng Diyos. Kaya, anuman ang kalagayan, hindi maihihiwalay ang pagsasagawa ng tao mula sa mga pangitain. Ang mga hindi tumatanggap sa mga bagong pangitain ay walang bagong pagsasagawa. Ang kanilang pagsasagawa ay walang kaugnayan sa katotohanan dahil sumusunod sila sa mga doktrina at nananatili sa walang-buhay na batas; wala sila ni anumang bagong pangitain, at bilang kinalabasan, wala silang isinasagawa sa bagong kapanahunan. Naiwala na nila ang mga pangitain, at dahil dito, naiwala na rin nila ang gawain ng Banal na Espiritu, at ang katotohanan. Yaong mga walang katotohanan ay mga anak ng kahangalan, at sila ang pagsasakatawan ni Satanas. Anumang uri ang isang tao, hindi maaaring wala siyang pangitain sa gawain ng Diyos, at hindi maaaring mawalan ng presensiya ng Banal na Espiritu; sa sandaling maiwala ng isa ang mga pangitain, agad-agad siyang bumababa sa Hades at namumuhay sa gitna ng kadiliman. Ang mga taong walang pangitain ay yaong mga sumusunod sa Diyos nang may kahangalan, sila yaong mga salat sa gawain ng Banal na Espiritu, at namumuhay sila sa impiyerno. Ang ganoong mga tao ay hindi naghahangad na matamo ang katotohanan, kundi isinasabit ang pangalan ng Diyos na tila isang karatula. Yaong mga hindi nakakaalam ng gawain ng Banal na Espiritu, na hindi nakakakilala sa Diyos na nagkatawang-tao,

na hindi nakakaalam sa tatlong yugto ng gawain sa kabuuan ng pamamahala ng Diyos—hindi nila alam ang mga pangitain, kaya’t sila ay walang katotohanan. At hindi ba’t yaong mga hindi nagtataglay ng katotohanan ay mga gumagawa lahat ng kasamaan? Yaong mga handang isagawa ang katotohanan, handang hanapin ang pagkakilala sa Diyos, at tunay na nakikipagtulungan sa Diyos ay mga taong ginagamit ang mga pangitain bilang saligan. Sila ay sinasang-ayunan ng Diyos dahil sila ay nakikipagtulungan sa Diyos, at ang pakikipagtulungang ito ang dapat isagawa ng tao.

Naglalaman ang mga pangitain ng maraming landas sa pagsasagawa. Ang mga praktikal na hinihingi sa tao ay nilalaman din ng mga pangitain, gayundin ang gawain ng Diyos na kailangang malaman ng tao. Sa nakalipas, sa panahon ng mga natatanging pagtitipon o maringal na mga pagtitipon na ginanap sa iba’t ibang lugar, iisang aspeto lamang ng landas ng pagsasagawa ang pinag-usapan. Ang pagsasagawang iyon ay yaong isasagawa sa Kapanahunan ng Biyaya, at walang masyadong kaugnayan sa pagkakilala sa Diyos, dahil ang pangitain ng Kapanahunan ng Biyaya ay ang pangitain lamang ng pagkakapako sa krus ni Jesus, at walang mga pangitain na higit pa rito. Wala nang dapat malaman ang tao maliban sa gawain ng Kanyang pagtubos sa sangkatauhan sa pamamagitan ng pagpapapako sa krus, kaya’t sa Kapanahunan ng Biyaya ay wala nang iba pang pangitain na kailangang malaman ng tao. Sa ganitong paraan, mayroon lamang katiting na pagkakilala ang tao sa Diyos, at bukod sa kaalaman tungkol sa pag-ibig at awa ni Jesus, mayroon lamang iilang payak at kahabag-habag na mga bagay para isagawa niya, mga bagay na napakalayo sa ngayon. Noong nakalipas, anumang paraan ang ginamit sa kanyang pagtitipon, walang kakayahan ang tao na mangusap tungkol sa praktikal na kaalaman tungkol sa gawain ng Diyos, at lalong hindi malinaw na nasabi ninuman kung aling landas ng pagsasagawa ang pinakaangkop na pasukin ng tao. Nagdagdag lamang ang tao ng ilang payak na detalye sa saligan ng pagtitimpi at pagtitiis; sadyang walang pagbabago sa diwa ng kanyang pagsasagawa, dahil sa parehong kapanahunan ay hindi gumawa ang Diyos ng anumang mas bagong gawain, at ang tanging hiningi Niya sa tao ay ang pagtitimpi at pagtitiis, o pagpasan ng krus. Maliban sa gayong mga pagsasagawa, walang mas mataas na mga pangitain kaysa sa pagkakapako sa krus ni Jesus. Sa nakalipas, walang binanggit na ibang mga pangitain dahil hindi gumawa ng maraming gawain ang Diyos, at dahil kaunti lamang ang Kanyang mga hiningi sa tao. Sa paraang ito, anuman ang ginawa ng tao, hindi niya nagawang labagin ang mga hangganang ito, mga hangganan na iilan lamang na payak at mababaw na mga bagay na dapat isagawa ng tao. Ngayon ay Aking sinasalita ang iba pang mga pangitain dahil ngayon, mas marami nang gawain ang nagawa, gawain na ilang ulit na nakahihigit sa Kapanahunan ng Kautusan at Kapanahunan ng Biyaya. Ang mga hinihingi sa tao ay ilang ulit din na mas mataas kaysa sa mga nakalipas na kapanahunan. Kung walang kakayahan ang tao na lubusang malaman ang gawaing iyon, hindi ito magtataglay ng malaking kahalagahan; maaaring sabihin na mahihirapan ang tao na lubos na malaman ang ganoong gawain

kung hindi siya naglalaan ng buong buhay na pagsisikap para dito. Sa gawain ng panlulupig, kung ang pag-uusapan lamang ay ang landas ng pagsasagawa, magiging imposibleng lupigin ang tao. Magiging imposible ring lupigin ang tao sa pagsasalita lamang tungkol sa mga pangitain, nang walang anumang mga hinihingi sa tao. Kung ang landas ng pagsasagawa lamang ang napag-usapan, magiging imposible na patamaan ang nakamamatay na kahinaan ng tao, o na iwaksi ang mga kuru-kuro ng tao, at magiging imposible rin na lubusang lupigin ang tao. Ang mga pangitain ang pangunahing kagamitan sa paglupig sa tao, ngunit kung walang landas ng pagsasagawa bukod sa mga pangitain, walang magiging daan upang makasunod ang tao, at lalong wala siyang magiging anumang paraan ng pagpasok. Ito na ang naging prinsipyo ng gawain ng Diyos mula sa simula hanggang sa katapusan: Sa mga pangitain ay mayroong maaaring maisagawa, at mayroon ding mga pangitain bukod pa sa pagsasagawa. Ang antas ng mga pagbabago kapwa sa buhay ng tao at sa kanyang disposisyon ay kasama sa mga pagbabago sa mga pangitain. Kung aasa lamang ang tao sa sarili niyang mga pagsisikap, magiging imposible para sa kanya na makatamo ng kahit na anumang malaking antas ng pagbabago. Ang mga pangitain ay tumutukoy sa gawain ng Diyos Mismo at sa pamamahala ng Diyos. Ang pagsasagawa ay tumutukoy sa landas ng pagsasagawa ng tao, at sa paraan ng pag-iral ng tao; sa buong pamamahala ng Diyos, ang kaugnayan sa pagitan ng mga pangitain at ng pagsasagawa ay ang kaugnayan sa pagitan ng Diyos at ng tao. Kapag inalis ang mga pangitain, o kung ang mga ito ay binanggiti nang hindi pinag-uusapan ang pagsasagawa, o kung mayroon lamang mga pangitain at inalis ang pagsasagawa ng tao, ang gayong mga bagay ay hindi maituturing na pamamahala ng Diyos, at lalo nang hindi masasabi na ang gawain ng Diyos ay ginagawa para sa kapakanan ng sangkatauhan; sa ganitong paraan, hindi lamang maaalis ang tungkulin ng tao, kundi ito ay magiging pagtanggì sa layunin ng gawain ng Diyos. Kung, mula sa simula hanggang sa katapusan, hiningi lamang sa tao na magsagawa, nang walang nakapaloob na gawain ng Diyos, at, higit pa rito, kung hindi hiningi sa tao na alamin ang gawain ng Diyos, lalong hindi matatawag ang gayong gawain na pamamahala ng Diyos. Kung hindi kilala ng tao ang Diyos, at walang alam sa kalooban ng Diyos, at bulag na nagsagawa sa isang magulo at malabong paraan, hindi siya kailanman magiging lubos na katanggap-tanggap na nilalang. Kaya, ang dalawang bagay na ito ay parehong di-maaaring mawala. Kung ang mayroon lamang ay ang gawain ng Diyos, na ibig sabihin, kung ang mayroon lamang ay ang mga pangitain at wala ang pakikipagtulungan o pagsasagawa ng tao, ang gayong mga bagay ay hindi matatawag na pamamahala ng Diyos. Kung ang mayroon lamang ay ang pagsasagawa at ang pagpasok ng tao, gaano pa man kataas ang landas na pinasukan ng tao, ito rin ay hindi magiging katanggap-tanggap. Ang pagpasok ng tao ay kailangang unti-unting magbago kasabay ng gawain at mga pangitain; hindi ito maaaring magbago kung kailan gusto. Ang mga prinsipyo ng pagsasagawa ng tao ay hindi malaya at di-napipigilan, kundi may mga hangganan. Ang mga ganoong prinsipyo

ay unti-unting nagbabago ayon sa mga pangitain ng gawain. Samakatuwid, ang pamamahala ng Diyos sa kahuli-hulihan ay nakabatay sa gawain ng Diyos at pagsasagawa ng tao.

Ang gawaing pamamahala ay umiral lamang dahil sa sangkatauhan, na nangangahulugang lumitaw lamang ito dahil sa pag-iral ng sangkatauhan. Walang pamamahala bago ang sangkatauhan, o sa pasimula, nang ang kalangitan at lupa at lahat ng bagay ay nilikha. Kung, sa buong gawain ng Diyos, ay walang pagsasagawa na kapaki-pakinabang sa tao, na ang ibig sabihin, kung ang Diyos ay hindi gumawa ng mga angkop na mga kinakailangan sa tiwaling sangkatauhan (kung, sa gawaing ginawa ng Diyos, ay walang angkop na landas para sa pagsasagawa ng tao), kung gayon ang gawaing ito ay hindi matatawag na pamamahala ng Diyos. Kung ang kabuuan ng gawain ng Diyos ay kinapapalooban lamang ng pagsasabi sa tiwaling sangkatauhan kung paano nila gagampanan ang kanilang pagsasagawa, at hindi isinakatuparan ng Diyos ang alinman sa Kanyang sariling plano, at hindi nagpamalas ng kahit katiting ng Kanyang walang-hanggang kapangyarihan o karunungan, kung gayon gaano man kataas ang mga kinakailangan ng Diyos sa tao, gaano man katagal namuhay ang Diyos kasama ng tao, walang malalaman ang tao tungkol sa disposisyon ng Diyos; kung ito ang kalagayan, ang ganitong uri ng gawain ay mas lalong hindi karapat-dapat na tawaging pamamahala ng Diyos. Sa madaling salita, ang gawain ng pamamahala ng Diyos ay gawaing ginagawa ng Diyos, at ang lahat ng gawain na isinasakatuparan niyaong mga nakamit ng Diyos sa ilalim ng Kanyang paggabay. Ang ganoong gawain ay maaaring ibuod bilang pamamahala. Sa madaling salita, ang gawain ng Diyos sa tao, gayundin ang pakikipagtulungan sa Kanya ng lahat ng sumusunod sa Kanya ay maaaring tawaging lahat na pamamahala. Dito, ang gawain ng Diyos ay tinatawag na mga pangitain, at ang pakikipagtulungan ng tao ay tinatawag na pagsasagawa. Habang tumataas ang gawain ng Diyos (iyon ay, kung gaano kataas ang mga pangitain), higit na nagagawang malinaw sa tao ang disposisyon ng Diyos, at higit na kasalungat ito ng mga kuru-kuro ng mga tao, at higit na nagiging mataas ang pagsasagawa at pakikipagtulungan ng tao. Habang higit na tumataas ang mga hinihingi sa tao, higit na nagiging kasalungat ng mga kuru-kuro ng tao ang gawain ng Diyos, at bilang bunga nito ang mga pagsubok sa tao, at ang mga pamantayang hinihingi sa kanya na maabot, ay tumataas din. Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang lahat ng pangitain ay naging ganap na, at yaong kinakailangan na isagawa ng tao ay mararating ang ruok ng kasakdalan. Ito rin ang magiging panahon kung kailan ang lahat ay pagbubukud-bukurin ayon sa uri, sapagka't yaong dapat malaman ng tao ay maipapakita sa tao. Kaya't kapag naabot ng mga pangitain ang kasukdulan, ang gawain ay malapit na ring matatapos, at maaabot din ng pagsasagawa ng tao ang tugatog nito. Ang pagsasagawa ng tao ay batay sa gawain ng Diyos, at ang pamamahala ng Diyos ay lubos na naihayag lamang dahil sa pagsasagawa at pakikipagtulungan ng tao. Ang tao ang pantawag-pansin ng gawain ng Diyos, at ang layon ng gawain ng lahat ng pamamahala ng Diyos, at ang bunga rin ng buong pamamahala ng Diyos. Kung mag-isang

gumawa ang Diyos, at wala ang pakikipagtulungan ng tao, kung gayon walang magsisilbing pagbubuu-buo ng Kanyang buong gawain, at pagkaraan, walang magiging bahagya mang kabuluhan sa pamamahala ng Diyos ni katiting man. Maliban pa sa gawain ng Diyos, tanging sa pamamagitan lamang ng pagpili ng angkop na mga bagay para magpahayag ng Kanyang gawain at magpatunay sa walang-hanggang kapangyarihan nito maaaring makamit ang layunin ng pamamahala Niya, at makamit ang layunin ng paggamit ng lahat ng gawaing ito upang ganap na talunin si Satanas. Samakatwid, ang tao ay isang bahagi na hindi maaaring mawala sa gawain ng pamamahala ng Diyos, at ang tao lamang ang makakagawa sa pamamahala ng Diyos na magbunga at makamit ang sukdulan nitong layunin; Bukod sa tao, walang ibang anyo ng buhay ang makagaganap sa ganoong papel. Kung ang tao ang magiging tunay na pagkakabuu-buo ng gawaing pamamahala ng Diyos, kung gayon ang hindi pagsunod ng tiwaling sangkatauhan ay kailangang lubos na mawala. Kailangang bigyan ang tao ng pagsasagawa na angkop sa iba't ibang panahon, at na ang Diyos ay nagsasagawa ng katumbas na gawain sa gitna ng tao. Tanging sa paraang ito makakamtan sa kahuli-hulihan ang isang kalipunan ng tao na siyang pagkakabuu-buo ng gawaing pamamahala ng Diyos. Ang gawain ng Diyos sa gitna ng tao ay hindi maaaring magpatotoo sa Diyos Mismo sa pamamagitan lamang ng gawain ng Diyos; upang makamit, ang mga ganoong patotoo ay nangangailangan din ng mga buhay na tao na angkop sa Kanyang gawain. Gagawa muna ang Diyos sa mga taong ito, na kung saan sa pamamagitan nila ang Kanyang gawain ay maihahayag, kaya ang gayong patotoo sa Kanyang kalooban ay matataglay sa gitna ng mga nilalang, at dito, makakamtan ng Diyos ang layunin ng Kanyang gawain. Hindi mag-isang gumagawa ang Diyos upang matalo si Satanas dahil hindi Niya kayang tuwirang magpatotoo para sa sarili Niya sa gitna ng lahat ng nilalang. Kung ito ay gagawin Niya, magiging imposible na lubusang hikayatin ang tao, kaya nararapat na gumawa ang Diyos sa tao upang siya ay lupigin, at saka lamang Siya magkakamit ng patotoo sa gitna ng lahat ng nilalang. Kung ang Diyos lamang ang gagawa, wala ang pakikipagtulungan ng tao, o kung hindi inatasan ang tao na makipagtulungan, kung gayon hindi magagawang makilala ng tao ang disposisyon ng Diyos, at magpakailanman magiging walang kamalayan sa kalooban ng Diyos; ang gawain ng Diyos sa gayon ay hindi matatawag na gawain ng pamamahala ng Diyos. Kung magsisikap lamang ang tao mismo, at maghahanap, at gagawa nang maigi, nang hindi nauunawaan ang gawain ng Diyos, kung gayon, kalokohan lang ang gagawin ng tao. Kung wala ang gawain ng Banal na Espiritu, yaong ginagawa ng tao ay kay Satanas, siya ay suwail at gumagawa ng masama; naihahayag si Satanas sa lahat ng ginagawa ng tiwaling sangkatauhan, at walang anumang kaayon sa Diyos, at ang lahat ng ginagawa ng tao ay pagpapakita ni Satanas. Wala sa lahat ng nasabi na ang para lamang sa mga pangitain at pagsasagawa. Sa saligan ng mga pangitain, hinahanap ng tao ang pagsasagawa at ang landas ng pagsunod, nang sa gayon ay maisaisantabi niya ang kanyang mga kuru-kuro at makamit yaong mga bagay na hindi pa niya nataglay sa nakalipas. Kinakailangan ng Diyos na makipagtulungan ang tao sa Kanya, na

ang tao ay ganap na magpasakop sa Kanyang mga kinakailangan, at hinihingi ng tao na mamasdan ang gawaing ginagawa ng Diyos Mismo, upang maranasan ang kapangyarihan ng Diyos, at malaman ang disposisyon ng Diyos. Ang mga ito, sa kabuuan, ay ang pamamahala ng Diyos. Ang pagsasanib ng Diyos at ng tao ay ang pamamahala, at ito ang pinakadakilang pamamahala.

Yaong kinapapalooban ng mga pangitain ay pangunahing tumutukoy sa gawain ng Diyos Mismo, at yaong kinapapalooban ng pagsasagawa ay dapat magawa ng tao, at walang anupamang kaugnayan sa Diyos. Ang gawain ng Diyos ay tinatapos ng Diyos Mismo, at ang pagsasagawa ng tao ay kinakamit ng tao mismo. Ang mga nararapat magawa ng Diyos Mismo ay hindi kailangang gawin ng tao, at ang dapat isagawa ng tao ay walang kaugnayan sa Diyos. Ang gawain ng Diyos ay ang Kanyang sariling ministeryo, at walang kaugnayan sa tao. Ang gawaing ito ay hindi kailangang gawin ng tao, at, higit sa lahat, hindi makakayang gawin ng tao ang gawain na gagawin ng Diyos. Yaong kinakailangang isagawa ng tao ay dapat magawa ng tao, kung ito man ay ang pagbibigay ng kanyang buhay, o ang paghahatid ng kanyang sarili kay Satanas upang maging patotoo—ang lahat ng ito ay dapat magawa ng tao. Tinatapos ng Diyos Mismo ang lahat ng gawain na nararapat Niyang gawin, at ang nararapat gawin ng tao ay ipinakikita sa tao, at ang mga natitirang gawain ay iniwan sa tao upang gawin. Hindi gumagawa ang Diyos ng karagdagang gawain. Ginagawa Niya lamang ang gawain na sakop ng ministeryo Niya, at ipinakikita lamang sa tao ang daan, at ginagawa lamang ang gawain ng pagbubukas ng daan, at hindi ginagawa ang gawain ng paghahanda ng daan; dapat itong maunawaan ng lahat. Ang pagsasagawa ng katotohanan ay nangangahulugan ng pagsasagawa ng mga salita ng Diyos, at ang lahat ng ito ay tungkulin ng tao, na kailangang gawin ng tao, at walang anupamang kinalaman sa Diyos. Kung hinihiling ng tao na ang Diyos ay magdanas din ng pasakit at pagpipino sa katotohanan, katulad nang sa tao, kung gayon ang tao ay nagiging suwail. Ang gawain ng Diyos ay ang gampanan ang Kanyang ministeryo, at ang tungkulin ng tao ay ang sundin ang lahat ng paggabay ng Diyos, nang walang anumang paglaban. Yaong kailangang kamtin ng tao ay nararapat niyang tuparin, hindi alintana kung paano gumagawa o nabubuhay ang Diyos. Ang Diyos Mismo lamang ang maaaring magtalaga ng kinakailangan sa tao, na ibig sabihin, ang Diyos Mismo lamang ang naaangkop na magtalaga ng mga kinakailangan sa tao. Hindi dapat magkaroon ng anumang pagpili ang tao at walang dapat gawin kundi ang lubos na magpasakop at magsagawa; ito ang damdaming dapat taglayin ng tao. Sa sandaling matapos ang gawain ng Diyos Mismo, kailangan ng tao na ito ay maranasan, isa-isang hakbang. Kung, sa katapusan, kapag ang lahat ng pamamahala ng Diyos ay natapos na, at hindi pa rin nagawa ng tao yaong mga kinakailangan ng Diyos, kung gayon dapat parusahan ang tao. Kung hindi tinutugunan ng tao ang mga kinakailangan ng Diyos, kung gayon ito ay dahil sa hindi pagsunod ng tao; hindi ito nangangahulugan na ang Diyos ay hindi naging masusi sa Kanyang gawain. Ang lahat niyaong hindi maisasagawa ang salita ng Diyos, yaong mga hindi makakatupad sa mga kinakailangan

ng Diyos, at yaong mga hindi makakapagbigay ng kanilang katapatan at makatupad sa kanilang mga tungkulin ay maparurusahang lahat. Ngayon, kung ano ang kinakailangan sa inyo na kamtin ay hindi mga karagdagang hinihingi, kundi ang tungkulin ng tao, at ang kailangang gawin ng lahat ng tao. Kung kayo ay walang kakayahan na gampanan man lamang ang inyong tungkulin, o magawa ito nang mainam, hindi ba't pinahihirapan ninyo lamang ang inyong mga sarili? Hindi ba't sinusuyo ninyo ang kamatayan? Paano pa kayo makakaasa na magkaroon ng hinaharap at mga posibilidad? Ang gawain ng Diyos ay ginagawa para sa kapakanan ng sangkatauhan, at ang pakikipagtulungan ng tao ay ibinibigay para sa kapakanan ng pamamahala ng Diyos. Pagkatapos na nagawa ng Diyos ang lahat ng nararapat Niyang gawin, ang tao ay kinakailangang maging pursigido sa kanyang pagsasagawa, at makipagtulungan sa Diyos. Sa gawain ng Diyos, ang tao ay hindi dapat magkulang sa pagsisikap, nararapat mag-alay ng kanyang katapatan, at hindi dapat magpasasa sa napakaraming kuru-kuro, o maupo nang walang-kibo at maghintay ng kamatayan. Kayang isakripisyo ng Diyos ang Kanyang Sarili para sa tao, kaya bakit hindi maibigay ng tao ang kanyang katapatan sa Diyos? May iisang puso at isip ang Diyos tungo sa tao, kaya bakit hindi makapag-alok ng kaunting pakikipagtulungan ang tao? Gumagawa ang Diyos para sa sangkatauhan, kaya bakit hindi magampanan ng tao ang ilan sa mga tungkulin niya para sa kapakanan ng pamamahala ng Diyos? Nakarating na ang gawain ng Diyos nang ganito kalayo, gayunman kayo ay nakakakita pa rin ngunit hindi kumikilos, kayo ay nakakaranig ngunit hindi gumagalaw. Hindi ba't ang mga taong ganyan ay ang mga layon ng kapahamakan? Nailaan na ng Diyos ang Kanyang lahat para sa tao, kaya bakit, ngayon, hindi pa rin magampanan ng tao nang masigasig ang kanyang tungkulin? Para sa Diyos, ang Kanyang gawain ay ang Kanyang uunahin, at ang gawain ng Kanyang pamamahala ay ang pinakamahalaga. Para sa tao, ang pagsasagawa ng mga salita ng Diyos at pagtupad sa mga kinakailangan Niya ay kanyang unang prayoridad. Ito ay dapat maunawaan ninyong lahat. Narating na ng mga salitang sinabi sa inyo ang kaibuturan ng inyong diwa, at nakapasok na ang gawain ng Diyos sa larangang hindi pa nito napapasok. Maraming tao ang hindi pa rin nakakaunawa sa totoo o sa kasinungalingan ng daan na ito; sila ay naghihintay pa rin at nagmamasid, at hindi ginagampanan ang kanilang tungkulin. Sa halip, sinusuri nila ang bawat salita at kilos ng Diyos, sila ay nagtutuon ng pansin sa kung ano ang kinakain at isinusuot Niya, at ang kanilang mga kuru-kuro ay nagiging mas nakalulungkot. Hindi ba't ang mga taong ganon ay nababahala sa wala? Paanong mangyayari na ang mga taong iyon ay sila ring naghahangad sa Diyos? At paanong magiging sila ang mayroong intensiyong magpasakop sa Diyos? Isinasantabi nila ang kanilang katapatan at tungkulin sa kanilang mga isipan, at sa halip ay pinagtutuunan ng pansin ang mga kinaroroonan ng Diyos. Sila ay mga lapastangan! Kung naunawaan na ng tao ang lahat ng dapat niyang maunawaan, at naisagawa na ang lahat ng dapat niyang isagawa, kung gayon, ang Diyos ay tiyak na magkakaloob ng Kanyang mga pagpapala sa tao, sapagka't yaong

mga kinakailangan Niya sa tao ay ang tungkulin ng tao, at yaong dapat na gawin ng tao. Kung walang kakayahan ang tao na abutin kung ano ang dapat niyang maunawaan at walang kakayahan na isagawa ang dapat niyang isagawa, kung gayon ang tao ay maparurusahan. Yaong mga hindi nakikipagtulungan sa Diyos ay may galit sa Diyos, yaong mga hindi tumatanggap sa bagong gawain ay laban dito, kahit pa ang mga taong iyon ay hindi gumagawa niyaong lantad na paglaban dito. Ang lahat ng hindi nagsasagawa ng katotohanan na iniatas ng Diyos ay ang mga taong sinasadyang lumaban at hindi sumusunod sa mga salita ng Diyos, kahit pa ang mga taong ito ay nagbibigay ng natatanging pansin sa gawain ng Banal na Espiritu. Ang mga tao na hindi sumusunod sa mga salita ng Diyos at hindi nagpapasakop sa Diyos ay mga mapanghimagsik, at kinakalaban nila ang Diyos. Ang mga taong hindi gumaganap sa kanilang tungkulin ay silang hindi nakikipagtulungan sa Diyos, at ang mga taong hindi nakikipagtulungan sa Diyos ay ang mga hindi tumatanggap sa gawain ng Banal na Espiritu.

Kapag naaabot ng gawain ng Diyos ang isang tiyak na punto, at ang pamamahala Niya ay nakaaabot sa isang tiyak na punto, ang mga malapit sa Kanyang puso ay lahat may kakayahang tuparin ang mga kinakailangan Niya. Nagtatalaga ang Diyos ng mga kinakailangan Niya sa tao ayon sa sarili Niyang mga pamantayan, at ayon doon sa kayang makamit ng tao. Habang nagsasalita tungkol sa Kanyang pamamahala, itinuturo rin Niya ang daan para sa tao, at pinagkakalooban ang tao ng landas para sa pananatiling buhay. Ang pamamahala ng Diyos at ang pagsasagawa ng tao ay nasa parehong yugto ng gawain at sabay na isinasakatuparan. Ang pagsasalita tungkol sa pamamahala ng Diyos ay may kinalaman sa mga pagbabago sa disposisyon ng tao, at ang mga pagsasalita tungkol sa kung ano ang dapat magawa ng tao at sa mga pagbabago sa disposisyon ng tao, ay nauugnay sa gawain ng Diyos; walang panahon kung kailan ang dalawang ito ay maaaring mapaghiwalay. Ang pagsasagawa ng tao ay nagbabago, baitang-baitang. Ito ay dahil ang mga kinakailangan ng Diyos sa tao ay nagbabago rin, at dahil ang gawain ng Diyos ay palaging nagbabago at sumusulong. Kung ang pagsasagawa ng tao ay nananatiling bihag ng doktrina, ito ay nagpapatunay na siya ay walang gawain at paggabay ng Diyos; kung ang pagsasagawa ng tao ay hindi kailanman nagbabago o lumalalim, kung gayon ito ay nagpapatunay na ang pagsasagawa ng tao ay isinasakatuparan ayon sa kalooban ng tao, at hindi ang pagsasagawa ng katotohanan; kung ang tao ay walang landas na tatahakin, kung gayon siya ay nahulog na sa mga kamay ni Satanas, at napipigilan ni Satanas, na nangangahulugang siya ay napipigilan ng masasamang espiritu. Kung ang pagsasagawa ng tao ay hindi lumalalim, ang gawain ng Diyos ay hindi mabubuo, at kung walang pagbabago sa gawain ng Diyos, kung gayon ang pagpasok ng tao ay mahihinto; hindi ito maiiwasan. Sa kabuuan ng lahat ng gawain ng Diyos, kung ang tao ay laging sumunod sa kautusan ni Jehova, kung gayon ang gawain ng Diyos ay hindi makakasulong, lalong hindi magiging posible na dalhin ang buong kapanahunan sa katapusan. Kung ang tao ay palaging nakahawak

lamang sa krus at nagsagawa ng pagtitiis at pagpapakumbaba, kung gayon magiging imposible para sa gawain ng Diyos na magpatuloy sa pagsulong. Ang anim na libong taon ng pamamahala ay hindi basta-basta matatapos sa gitna ng mga taong sumusunod lamang sa kautusan, o kumakapit lamang sa krus at nagsasagawa ng pagtitiis at pagpapakumbaba. Sa halip, ang buong gawain ng pamamahala ng Diyos ay natatapos sa gitna niyaong nasa mga huling araw, na nakakakilala sa Diyos, na nabawi na mula sa mga kamay ni Satanas at lubusang naalis na ang kanilang mga sarili mula sa impluwensya ni Satanas. Ito ang hindi maiiwasang patutunguhan ng gawain ng Diyos. Bakit sinasabi na lipas na sa panahon ang mga pagsasagawa ng mga nasa relihiyosong iglesia? Ito ay dahil ang kanilang isinasagawa ay hiwalay mula sa mga gawain ngayon. Sa Kapanahunan ng Biyaya, ang kanilang isinasagawa ay tama, ngunit habang lumilipas ang kapanahunan at nagbabago ang gawain ng Diyos, ang mga pagsasagawa nila ay unti-unti na ring nilipasan ng panahon. Ito ay naiwan na ng bagong gawain at ng bagong liwanag. Batay sa orihinal nitong saligan, ang gawain ng Banal na Espiritu ay nakasulong na ng maraming hakbang na palalim. Ngunit ang mga taong yaon ay nananatili pa ring nakadikit sa orihinal na yugto ng gawain ng Diyos, at kumakapit pa rin sa mga lumang pagsasagawa at sa lumang liwanag. Maaaring magbago nang malaki ang gawain ng Diyos sa paglipas ng tatlo o limang taon, kaya hindi ba't mas malaki pang mga pagbabago ang mangyayari sa loob ng 2,000 taon? Kung ang tao ay walang bagong liwanag o pagsasagawa, ito ay nangangahulugang siya ay hindi na nakasabay sa gawain ng Banal na Espiritu. Ito ang pagkabigo ng tao; ang pag-iral ng bagong gawain ng Diyos ay hindi maipagkakaila dahil, ngayon, ang mga dati nang nakaranas ng gawain ng Banal na Espiritu ay sumusunod pa rin sa mga lumang pagsasagawa. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay laging sumusulong, at ang lahat ng nasa agos ng Banal na Espiritu ay nararapat ding sumusulong palalim at nagbabago baitang-baitang. Hindi sila dapat tumigil sa isang yugto. Ang mga hindi lamang nakakaalam sa gawain ng Banal na Espiritu ang mananatili sa kalagitnaan ng Kanyang orihinal na gawain, at hindi tatanggapin ang bagong gawain ng Banal na Espiritu. Tanging ang mga masuwayin ang hindi makakayanang makamit ang gawain ng Banal na Espiritu. Kung ang pagsasagawa ng tao ay hindi sumasabay sa bagong gawain ng Banal na Espiritu, ang pagsasagawa ng tao ay tiyak na napuputol mula sa gawain ngayon at siguradong hindi kaayon ng gawain ngayon. Ang gayong mga taong lipas na sa panahon ay talagang walang kakayahang tuparin ang kalooban ng Diyos, at lalo nang hindi sila maaaring maging mga tao na tatayong patotoo sa Diyos sa huli. Ang buong gawaing pamamahala, higit pa rito, ay hindi matatapos sa kalagitnaan ng ganoong kalipunan ng mga tao. Sapagka't yaong mga dating kumapit sa kautusan ni Jehova, at yaong mga minsang nagdusa dahil sa krus, kung hindi nila matatanggap ang yugto ng gawain ng mga huling araw, kung gayon ang lahat ng kanilang ginawa ay mawawalan ng saysay, at walang kabuluhan. Ang pinakamalinaw na pagpapahayag ng gawain ng Banal na Espiritu ay nasa pagyakap sa naririto ngayon, hindi pagkapit sa nakaraan. Yaong mga hindi na nakasabay sa gawain ng ngayon, at silang mga

napahiwalay na mula sa pagsasagawa ng ngayon, ay yaong mga lumalaban at hindi tumatanggap sa gawain ng Banal na Espiritu. Ang mga taong iyon ay lumalaban sa kasalukuyang gawain ng Diyos. Bagama't kumakapit sila sa liwanag ng nakaraan, hindi maitatatwa na hindi nila alam ang gawain ng Banal na Espiritu. Bakit mayroong mga usapan tungkol sa mga pagbabago sa pagsasagawa ng tao, sa mga pagkakaiba sa pagsasagawa sa pagitan ng nakalipas at ngayon, kung paanong ang pagsasagawa ay isinakatuparan sa nakaraang kapanahunan, at kung paano ito isinasagawa ngayon? Ang ganoong paghahati-hati sa pagsasagawa ng tao ay laging sinasalita dahil ang gawain ng Banal na Espiritu ay patuloy na sumusulong, at sa gayon, ang pagsasagawa ng tao ay kailangan ding patuloy na magbago. Kung ang tao ay nananatiling nakakapit sa isang yugto, kung gayon ito ay nagpapatunay na wala siyang kakayahan sa pagsabay sa bagong gawain ng Diyos at bagong liwanag; hindi ito nagpapatunay na ang plano sa pamamahala ng Diyos ay hindi na nagbago. Yaong mga nasa labas ng agos ng Banal na Espiritu ay laging nag-iisip na sila ay tama, ngunit sa katunayan, ang gawain ng Diyos sa kanila ay matagal nang tumigil, at ang gawain ng Banal na Espiritu ay wala sa kanila. Ang gawain ng Diyos ay matagal nang inilipat sa isa pang kalipunan ng mga tao, isang kalipunan kung kanino Niya hinahangad na tapusin ang Kanyang bagong gawain. Dahil yaong mga nasa relihiyon ay walang kakayahang tanggapin ang bagong gawain ng Diyos, at kumakapit lamang sa lumang gawain ng nakaraan, kaya't tinalikuran na Niya ang mga taong ito, at ginagawa ang Kanyang bagong gawain sa mga taong tumatanggap sa bagong gawain ng ito. Ang mga ito ay mga tao na nakikipagtulungan sa bago Niyang gawain, at tanging sa paraang ito matutupad ang Kanyang pamamahala. Ang pamamahala ng Diyos ay palaging sumusulong, at ang pagsasagawa ng tao ay palaging umaakyat pataas. Gumagawa lagi ang Diyos, at laging nangangailangan ang tao, sa gayon kapwa nila nararating ang kanilang tugatog at ang Diyos at ang tao ay nakakamit ang ganap na pagsasanib. Ito ang pagpapahayag ng katuparan ng gawain ng Diyos, at ito ang pangwakas na kinalabasan ng buong pamamahala ng Diyos.

Sa bawat yugto ng gawain ng Diyos mayroon ding katumbas na mga kinakailangan sa tao. Lahat niyaong nasa loob ng agos ng Banal na Espiritu ay nagtataglay ng presensiya at disiplina ng Banal na Espiritu, at yaong mga wala sa loob ng agos ng Banal na Espiritu ay nasa ilalim ng pamumuno ni Satanas, at walang anumang gawain ng Banal na Espiritu. Ang mga tao na nasa agos ng Banal na Espiritu ay yaong mga tumatanggap sa bagong gawain ng Diyos, at nakikipagtulungan sa bagong gawain ng Diyos. Kung yaong mga nasa loob ng agos na ito ay walang kakayahang makipagtulungan, at walang kakayahang isagawa ang katotohanan na kinakailangan ng Diyos sa panahong ito, kung gayon sila ay didisiplinahin, at ang pinakamalala ay tatalikuran ng Banal na Espiritu. Yaong mga tumatanggap sa bagong gawain ng Banal na Espiritu, ay mamumuhay sa loob ng agos ng Banal na Espiritu, at tatanggapin nila ang pangangalaga at pag-iingat ng Banal na Espiritu. Yaong mga handang isagawa ang katotohanan ay nililiwanagan ng Banal na Espiritu, at yaong mga hindi handa na isagawa ang katotohanan

ay dinidisciplina ng Banal na Espiritu, at maaari pang maparusahan. Hindi alintana kung anong uri ng tao sila, basta't sila ay nasa loob ng agos ng Banal na Espiritu, pananagutan ng Diyos ang lahat ng tumatanggap sa bagong gawain Niya para sa kapakanan ng Kanyang pangalan. Ang mga lumuluwalhati sa Kanyang pangalan at handang isagawa ang mga salita Niya ay makakatanggap ng Kanyang mga pagpapala; ang mga hindi sumusunod sa Kanya at hindi nagsasagawa ng Kanyang mga salita ay makakatanggap ng Kanyang kaparusahan. Ang mga tao na nasa agos ng Banal na Espiritu ay ang mga tumatanggap sa bagong gawain, at yamang natanggap na nila ang bagong gawain, sila ay nararapat na angkop na makipagtulungan sa Diyos, at hindi dapat kumilos na parang mga suwail na hindi ginagampanan ang kanilang tungkulin. Ito ang tanging kinakailangan ng Diyos sa tao. Hindi ganoon para sa mga taong hindi tumatanggap sa bagong gawain: Sila ay nasa labas ng agos ng Banal na Espiritu, at ang disiplina at paninisi ng Banal na Espiritu ay hindi para sa kanila. Buong araw, ang mga taong ito ay namumuhay sa loob ng laman, sila ay namumuhay sa loob ng kanilang mga isipan, at ang lahat ng ginagawa nila ay ayon sa doktrinang bunga ng paghihimay at pananaliksik ng kanilang sariling mga utak. Hindi ito ang hinihingi ng bagong gawain ng Banal na Espiritu, at lalong hindi ito pakikipagtulungan sa Diyos. Yaong mga hindi tumatanggap sa bagong gawain ng Diyos ay walang presensiya ng Diyos, at, higit sa lahat, salat sa mga pagpapala at pag-iingat ng Diyos. Ang karamihan sa kanilang mga salita at mga pagkilos ay nakaayon sa mga nakalipas na mga kinakailangan ng gawain ng Banal na Espiritu; ang mga ito ay doktrina, hindi katotohanan. Ang gayong doktrina at alituntunin ay sapat na upang patunayan na ang pagtitipon ng mga taong ito ay walang iba kundi relihiyon; hindi sila ang mga hinirang, o ang mga pinag-uukulan ng gawain ng Diyos. Ang pagtitipon nilang lahat na magkakasama ay matatawag lamang na maringal na kongreso ng relihiyon, at hindi matatawag na iglesia. Ito ay isang katunayan na hindi mababago. Wala sa kanila ang bagong gawain ng Banal na Espiritu; ang kanilang ginagawa ay tila samyo-ng-relihiyon, ang kanilang isinasabuhay ay tila sagana sa relihiyon; hindi sila nagtataglay ng presensiya at gawain ng Banal na Espiritu, lalo nang hindi sila karapat-dapat na tumanggap ng disiplina o kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Lahat ng taong ito ay mga walang-buhay na bangkay, at mga uod na walang pagka-espirituwal. Wala silang kaalaman sa pagka-mapanghimagsik at paglaban ng tao, walang kaalaman sa lahat ng masasamang gawa ng tao, lalong wala silang kaalaman sa lahat ng gawain ng Diyos at kasalukuyang kalooban ng Diyos. Lahat sila ay walang alam, mabababang tao, at sila ay mga hamak na hindi nararapat tawaging mananampalataya! Wala sa kanilang mga ginagawa ang may kinalaman sa pamamahala ng Diyos, lalong hindi nito masisira ang mga plano ng Diyos. Ang mga salita at pagkilos nila ay nakasusuklam, nakakaawa, at talagang hindi karapat-dapat banggitin. Wala sa anumang ginawa niyaong mga wala sa agos ng Banal na Espiritu ang may anumang kinalaman sa bagong gawain ng Banal na Espiritu. Dahil dito, kahit na ano ang kanilang gawin, sila ay walang disiplina ng Banal na Espiritu, at, higit sa lahat, walang kaliwanagan ng Banal na Espiritu.

Dahil lahat sila ay mga taong walang pag-ibig para sa katotohanan, at sila ay kinamuhian at natanggihan na ng Banal na Espiritu. Sila ay tinatawag na makasalanang dahil sila ay lumalakad sa laman at ginagawa kung ano ang kanilang nais sa ilalim ng karatula ng Diyos. Habang gumagawa ang Diyos, sila ay sadyang palaban sa Kanya, at tumatakbo sa kasalungat na patutunguhan sa Kanya. Ang hindi pakikipagtulungan ng tao sa Diyos ay sukdulang mapanghimagsik sa ganang sarili, kaya't hindi ba ang mga taong sadyang sumasalungat sa Diyos ay partikular na tinatanggap nila ang nararapat na kaparusahan? Sa pagbanggit sa mga ginagawang kasamaan ng mga taong ito, ang ilang tao ay nasasabik na isumpa sila, samantalang hindi sila binibigyang-pansin ng Diyos. Para sa tao, lumalabas na ang kanilang mga pagkilos ay para sa ngalan ng Diyos, ngunit sa katunayan, sa Diyos, wala silang kaugnayan sa Kanyang pangalan o sa patotoo sa Kanya. Kahit na anong gawin ng mga taong ito, wala itong kaugnayan sa Diyos: Wala itong kaugnayan kapwa sa Kanyang pangalan at Kanyang kasalukuyang gawain. Hinihiya ng mga taong ito ang kanilang mga sarili, at inihahayag si Satanas: sila ay mga makasalanang nag-iimbak para sa araw ng poot. Ngayon, hindi alintana ang kanilang mga kilos, basta't hindi nila pinipigil ang pamamahala ng Diyos at hindi nakikialam sa bagong gawain ng Diyos, ang mga taong iyon ay hindi isasailalim sa nararapat na kaparusahan, dahil hindi pa dumarating ang araw ng poot. Maraming bagay ang pinaniniwalaan ng tao na dapat ay napakitunguhan na ng Diyos, at iniisip nila na ang mga makasalanang iyon ay dapat sumailalim sa kaparusahan sa lalong madaling panahon. Ngunit dahil ang gawain ng pamamahala ng Diyos ay hindi pa natapos, at ang araw ng poot ay hindi pa dumating, ang mga hindi-matuwid ay patuloy pa ring gumaganap ng kanilang hindi-matuwid na mga gawa. Ang ilan ay nagsasabi, "Yaong mga nasa relihiyon ay walang presensiya o gawain ng Banal na Espiritu, at sila ay nagdadala ng kahihyan sa pangalan ng Diyos; kaya bakit hindi sila winawasak ng Diyos, sa halip na hinahayaan pa rin ang kanilang di-mapigilang pag-uugali?" Ang mga taong ito, na silang mga pagpapamalas ni Satanas at silang nagpapahayag ng laman, wala silang alam, sila'y mabababaw na tao; sila ay mga taong katawa-tawa. Hindi nila mamamasdan ang pagdating ng poot ng Diyos bago nila maunawaan kung paano gumagawa ang Diyos ng Kanyang mga gawain sa gitna ng tao, at sa oras na sila ay lubos na nalupig na, ang mga makasalanang iyon ay makatatanggap lahat ng kanilang kaparusahan, at wala ni isa sa kanila ang makatatakas sa araw ng poot. Hindi ngayon ang panahon para sa kaparusahan ng tao, kundi ang panahon upang isakatuparan ang gawain ng panlulupig, maliban na lamang kung mayroong mga maninira sa pamamahala ng Diyos, kung saan sila ay isasailalim sa kaparusahan batay sa tindi ng kanilang mga kilos. Sa panahon ng pamamahala ng Diyos sa sangkatauhan, ang lahat ng nasa agos ng Banal na Espiritu ay may kaugnayan sa Diyos. Yaong mga kinamumuhian at tinatanggi ng Banal na Espiritu ay namumuhay sa ilalim ng impluwensya ni Satanas, at yaong kanilang isinasagawa ay walang kaugnayan sa Diyos. Yaong mga tumatanggap lamang sa bagong gawain ng Diyos at nakikipagtulungan sa Diyos ang may kaugnayan

sa Diyos, dahil ang gawain ng Diyos ay para lamang sa mga tumatanggap dito, at hindi ito ukol sa lahat ng tao, hindi alintana kung ito ay kanilang tinatanggap o hindi. Ang gawaing ginagawa ng Diyos ay palaging may pakay at hindi ginagawa kung kailan gusto. Yaong mga nakikisama kay Satanas ay hindi karapat-dapat na magpatotoo sa Diyos, lalong hindi sila karapat-dapat na makipagtulungan sa Diyos.

Ang bawat yugto ng gawain ng Banal na Espiritu ay nangangailangan rin ng patotoo ng tao. Ang bawat yugto ng gawain ay isang paglalaban sa pagitan ng Diyos at ni Satanas, at ang puntirya ng labanan ay si Satanas, habang ang isa na gagawing perpekto ng gawaing ito ay ang tao. Kung mamumunga man ang gawain ng Diyos o hindi ay nakasalalay sa paraan ng patotoo ng tao sa Diyos. Ang patotoong ito ay kung ano ang kinakailangan ng Diyos sa mga tagasunod Niya; ito ang patotoo na ginawa sa harapan ni Satanas, at patunay rin ng mga naibubunga ng gawain Niya. Ang buong pamamahala ng Diyos ay nahahati sa tatlong yugto, at sa bawat yugto, ang mga angkop na kinakailangan ay itinatalaga sa tao. At saka, habang lumilipas at sumusulong ang mga kapanahunan, ang mga kinakailangan ng Diyos sa buong sangkatauhan ay nagiging lalong mas mataas. Kaya, isa-isang hakbang, ang gawaing ito ng pamamahala ng Diyos ay nakakaabot sa ruok nito, hanggang napagmamasdan ng tao ang katunayan ng “pagpapakita ng Salita sa katawang-tao,” at sa paraang ito ang mga kinakailangan sa tao ay mas tumataas pa, gayundin ang mga pangangailangan sa tao na sumaksi. Habang mas nakakaya ng tao na tunay na makipagtulungan sa Diyos, mas magtatamo ng kaluwalhatian ang Diyos. Ang pakikipagtulungan ng tao ay ang patotoo na kinakailangan sa kanya na dalhin, at ang patotoo na kanyang dinadala ay ang pagsasagawa ng tao. Samakatwid, magkakaroon man ng nararapat na bunga ang gawain ng Diyos o hindi, at kung magkakaroon man ng tunay na patotoo o hindi, ay di-naiiwasang kaugnay ng pakikipagtulungan at patotoo ng tao. Kapag natapos ang gawain, na ang ibig sabihin, kapag narating na ang katapusan ng buong pamamahala ng Diyos, kakailanganin sa tao na magpatotoo nang mas mataas, at kapag ang gawain ng Diyos ay nakakarating na sa katapusan nito, ang pagsasagawa at pagpasok ng tao ay makakarating sa ruok ng mga ito. Sa nakalipas, kinailangan sa tao na sumunod sa batas at mga kautusan, at hinihingi na siya ay maging matiisin at mapagpakumbaba. Ngayon, ang tao ay kinakailangan na sundin ang lahat ng pagsasaayos ng Diyos at magtaglay ng labis na pagmamahal sa Diyos, at sa kahuli-hulihan ay hinihingi sa kanya na mahalin pa rin ang Diyos sa gitna ng paghihirap. Ang tatlong yugtong ito ay mga kinakailangan ng Diyos sa tao, isa-isang hakbang, sa kabuuan ng Kanyang pamamahala. Ang bawat yugto ng gawain ng Diyos ay mas lumalalim kaysa sa huli, at sa bawat yugto ang mga kinakailangan sa tao ay mas tumindi kaysa sa huli, at sa paraang ito, ang buong pamamahala ng Diyos ay unti-unting nabubuo. Talagang dahil sa ang mga kinakailangan sa tao ay lalo pang mas mataas kung kaya ang disposisyon ng tao ay mas lalong lumalapit sa mga pamantayang kinakailangan ng Diyos, at saka pa lamang magsisimula na unti-unting makaaalis ang buong sangkatauhan sa impluwensya ni

Satanas hanggang, kapag ganap nang natapos ang gawain ng Diyos, ang buong sangkatauhan ay nailigtas na mula sa impluwensya ni Satanas. Kapag dumating ang oras na iyon, ang gawain ng Diyos ay makakarating sa katapusan nito, at ang pakikipagtulungan ng tao sa Diyos nang sa gayon ay magkamit ng mga pagbabago sa kanyang disposisyon ay wala na rin, at ang buong sangkatauhan ay mamumuhay sa liwanag ng Diyos, at mula roon, mawawala na ang pagkasuwail o paglaban sa Diyos. Wala na ring hihingin ang Diyos sa tao, at magkakaroon ng mas maayos na pagtutulungan sa pagitan ng tao at ng Diyos, isang buhay kung saan magkasama ang tao at ang Diyos, ang buhay na mararanasan pagkaraang ganap nang natapos ang pamamahala ng Diyos, at matapos na lubos na nailigtas na ng Diyos ang tao mula sa mga kamay ni Satanas. Yaong mga hindi makakasunod nang mabuti sa mga yapak ng Diyos ay walang kakayahang marating ang buhay na iyon. Maibababa na nila ang kanilang mga sarili sa kadiliman, kung saan sila ay tatangis at magngangalit ang kanilang mga ngipin; sila ay mga taong naniniwala sa Diyos ngunit hindi sumusunod sa Kanya, na naniniwala sa Diyos ngunit hindi sumusunod sa lahat ng Kanyang gawain. Yamang naniniwala ang tao sa Diyos, dapat niyang sundang mabuti ang mga yapak ng Diyos, isa-isang hakbang; dapat siyang “sumunod sa Cordero saan man Siya pumaroon.” Ang mga ito lamang ang mga taong naghahanap ng tunay na daan, sila lamang yaong mga nakakaalam sa gawain ng Banal na Espiritu. Ang mga taong labis na sumusunod sa mga titik at mga doktrina ay yaong mga naalis na ng gawain ng Banal na Espiritu. Sa bawat sakop ng panahon, ang Diyos ay magsisimula ng bagong gawain, at sa bawat panahon, magkakaroon ng bagong simula sa gitna ng tao. Kung ang tao ay sumusunod lamang sa mga katotohanan na “si Jehova ang Diyos” at “si Jesus ang Cristo,” na mga katotohanan na nailalapat lamang sa mga naaayong kapanahunan, sa gayon ang tao ay hindi kailanman makakasabay sa gawain ng Banal na Espiritu, at magpakailanman walang kakayahang magkamit ng gawain ng Banal na Espiritu. Hindi alintana kung paano gumagawa ang Diyos, ang tao ay sumusunod nang wala ni katiting na pag-aalinlangan, at siya ay sumusunod nang mabuti. Sa paraang ito, paano maaalis ng Banal na Espiritu ang tao? Hindi alintana kung ano ang ginagawa ng Diyos, hangga’t ang tao ay nakatitiyak na ito ay gawain ng Banal na Espiritu at nakikipagtulungan sa gawain ng Banal na Espiritu nang walang pag-aalinlangan, at sinusubukang tugunan ang mga kinakailangan ng Diyos, kung gayon, paano siya maparurusahan? Hindi nahinto kailanman ang gawain ng Diyos, hindi kailanman natigil ang Kanyang mga yapak, at bago pa man matapos ang Kanyang gawain ng pamamahala, Siya ay palaging abala, at hindi kailanman tumitigil. Ngunit iba ang tao: Dahil nagkamit lamang ng maliit na gawain ng Banal na Espiritu, itinuturing niya ito na parang hindi kailanman magbabago; dahil nagkamit lamang ng maliit na kaalaman, hindi na siya nagpapatuloy sa pagsunod sa mga yapak ng mas bagong gawain ng Diyos; dahil nakakita lamang ng maliit na bahagi ng gawain ng Diyos, agad na niyang itinuturing na kahoy na imahen ang Diyos, at naniniwala na palaging mananatili ang Diyos sa ganoong anyo na nakikita

sa harap niya, na ganito rin sa nakalipas at laging magiging ganoon sa hinaharap; dahil nagkamit lamang ng mababaw na kaalaman, napakayabang ng tao kaya't nakakalimutan niya ang kanyang sarili at nagsisimulang walang pakundangang ipahayag ang isang disposisyon at kung ano ang Diyos na hindi talaga umiiral; at yamang natitiyak ang tungkol sa isang yugto ng gawain ng Banal na Espiritu, kahit anong uri ng tao ang nagpapahayag ng bagong gawain ng Diyos, hindi ito tinatanggap ng tao. Ang mga ito ay mga taong hindi matatanggap ang bagong gawain ng Banal na Espiritu; masyado silang makaluma, at hindi kayang tumanggap ng mga bagong bagay. Ang gayong mga tao ay naniniwala sa Diyos ngunit tinatanggihan din ang Diyos. Naniniwala ang tao na mali ang mga Israelita na “maniwala lamang kay Jehova at hindi kay Jesus,” ngunit karamihan ng mga tao ay gumaganap ng papel kung saan sila ay “naniniwala lamang kay Jehova at tinatanggihan si Jesus” at “nananabik para sa pagbabalik ng Mesiyas, ngunit tinututulan ang Mesiyas na tinatawag na Jesus.” Hindi na nakapagtataka, kung gayon, na ang mga tao ay nabubuhay pa rin sa ilalim ng sakop ni Satanas matapos tanggapin ang isang yugto ng gawain ng Banal na Espiritu, at hindi pa rin tinatanggap ang mga pagpapala ng Diyos. Hindi ba't ito ang bunga ng pagka-mapanghimagsik ng tao? Ang mga Kristiyano sa buong mundo na hindi nakakasabay sa bagong gawain ng ngayon ay nangungunyapit lahat sa pag-asa na magiging mapalad sila, kung ipagpapalagay na tutuparin ng Diyos ang bawat isa sa kanilang mga kahilingan. Subali't hindi nila masasabi nang tiyak kung bakit isasama sila ng Diyos sa ikatlong langit, o kung nakatitiyak ba sila kung paano sila tatanggapin ni Jesus na nakasakay sa puting ulap, lalong hindi nila masasabi nang may lubos na katiyakan kung si Jesus ay totoong darating sakay ng puting ulap sa araw na kanilang naguguni-guni. Lahat sila ay nababahala, at nalilito; hindi rin nila alam sa sarili nila mismo kung bawat isa sa kanila ay kukunin paitaas ng Diyos, ang maliliit na bilang ng tao mula sa iba't ibang denominasyon. Ang gawaing ginagawa ng Diyos ngayon, ang kasalukuyang kapanahunan, ang kalooban ng Diyos—wala silang pagkaunawa sa anuman sa mga bagay na ito, at wala silang magagawa kundi ang magbilang ng mga araw sa kanilang mga daliri. Tanging ang mga sumusunod lamang sa mga yapak ng Cordero hanggang sa katapus-tapusan ang magkakamit ng pangwakas na pagpapala, samantalang ang mga “tusong tao,” na hindi nakakasunod hanggang sa katapus-katapusan ngunit naniniwala na nakamtan na nila ang lahat, ay walang kakayahang masaksihan ang pagpapakita ng Diyos. Bawat isa sa kanila ay naniniwala na siya ang pinakamatalinong tao sa lupa, at pinuputol nila ang patuloy na pag-unlad ng gawain ng Diyos na wala naman talagang dahilan, at sila ay tila naniniwala nang may lubos na katiyakan na isasama sila ng Diyos sa langit, silang “mayroong lubos na katapatan sa Diyos, sumusunod sa Diyos, at tumatalima sa mga salita ng Diyos.” Kahit na sila ay mayroong “lubos na katapatan” sa mga salitang sinabi ng Diyos, ang kanilang mga salita at kilos ay nakasusuklam pa rin dahil kanilang tinututulan ang gawain ng Banal na Espiritu, at gumagawa ng panlilinlang at masama. Yaong mga hindi sumusunod hanggang sa

katapus-katapusan, na hindi sumasabay sa gawain ng Banal na Espiritu, at kumakapit lamang sa mga lumang gawain ay hindi lamang nabigo sa pagkamit ng katapatan sa Diyos, ngunit sa kabaligtaran, naging yaong mga sumasalungat sa Diyos, naging yaong mga tinatanggihan ng bagong kapanahunan, at siyang mapaparusahan. Mayroon pa bang mas nakakaawa kaysa kanila? Marami pa nga ang naniniwala na ang lahat ng tumatanggi sa lumang kautusan at tumatanggap sa bagong gawain ay walang konsensya. Ang mga taong ito, na ang tanging sinasambit ay “budhi,” at hindi alam ang gawain ng Banal na Espiritu, sa kahuli-hulihan ay maiwawala ang kanilang mga inaasam-asam ng kanila mismong mga konsensya. Ang gawain ng Diyos ay hindi sumusunod sa doktrina, at bagama’t maaaring ito ay Kanyang sariling gawain, hindi pa rin kumakapit ang Diyos dito. Yaong dapat tanggihan ay tinatanggihan, kung ano ang dapat maalis ay inaalis. Ngunit inilalagay pa rin ng tao ang kanyang sarili sa galit sa Diyos sa pamamagitan ng pagkapit sa maliit na bahagi ng gawain ng pamamahala ng Diyos. Hindi ba’t nakakatawa ang tao? Hindi ba’t ito ang kamangmangan ng tao? Mas mahina ang loob at sobrang maingat ang mga tao dahil sila ay takot na hindi magkamit ng pagpapala ng Diyos, mas hindi sila nagkakamit ng mas malalaking pagpapala, at pagtanggap ng pangwakas na pagpapala. Yaong mga tao na hamak na sumusunod sa kautusan ay nagpapakitang lahat ng kanilang sukdulang katapatan sa kautusan, at mas ipinakikita nila ang kanilang gayong katapatan sa kautusan, sila ay mas mga suwail na lumalaban sa Diyos. Dahil ngayon ang Kapanahunan ng Kaharian at hindi ang Kapanahunan ng Kautusan, at ang gawain sa ngayon at ang gawain ng nakalipas ay hindi maaaring banggitin nang sabay, ni maikukumpara ang gawain ng nakaraan sa gawain sa ngayon. Ang gawain ng Diyos ay nagbago na, at ang pagsasagawa ng tao ay nagbago na rin; ito ay hindi para kumapit sa kautusan o magpasan ng krus, kaya’t ang katapatan ng mga tao sa kautusan at sa krus ay hindi magkakamit ng pagsang-ayon ng Diyos.

Ang tao ay lubusang gagawing ganap sa Kapanahunan ng Kaharian. Pagkatapos ng gawain ng panlulupig, ang tao ay isasailalim sa pagpipino at kapighatian. Yaong mga makakapagtagumpay at makakatayong saksi sa panahon nitong kapighatian ay yaong mga gagawing ganap sa kahuli-hulihan; sila ang mga mananagumpay. Sa panahon nitong kapighatian, kinakailangan sa tao na tanggapin ang pagpipinong ito, at ang pagpipinong ito ang huling pagkakataon sa gawain ng Diyos. Ito ang huling panahon na pipinuhin ang tao bago ang pagtatapos ng lahat ng gawain ng pamamahala ng Diyos, at ang lahat ng sumusunod sa Diyos ay kailangang tanggapin itong huling pagsubok, kailangan nilang tanggapin itong huling pagpipino. Yaong mga lugmok sa kapighatian ay walang gawain ng Banal na Espiritu at paggabay ng Diyos, ngunit yaong mga tunay na nalupig na at tunay na naghahangad sa Diyos ay makakatayong matatag sa kahuli-hulihan; sila yaong mga may angking pagkatao, at siyang mga tunay na nagmamahal sa Diyos. Kahit na ano ang ginagawa ng Diyos, ang mga matagumpay na ito ay hindi mawawalan ng mga pangitain at patuloy pa ring magsasagawa ng katotohanan nang

hindi nabibigo sa kanilang patotoo. Sila yaong mga makalalampas sa matinding kapighatian sa wakas. Bagaman yaong mga naglalagay ng kanilang mga sarili sa mapanganib na sitwasyon para mabuhay ay maaari pa ring magpatuloy ngayon, walang makatatakas sa pangwakas na kapighatian, at walang makatatakas mula sa pangwakas na pagsubok. Para sa mga nagtatagumpay, ang ganoong kapighatian ay isang matinding pagpipino; ngunit para sa mga nangingisda sa maligalig na tubig, ito ang gawain ng lubos na pagpapalayas. Kahit paano man sila sinusubukan, ang katapatan ng mga taong nasa puso nila ang Diyos ay nananatiling hindi nagbabago; ngunit para sa mga taong walang Diyos sa kanilang puso, sa sandaling ang gawain ng Diyos ay hindi kapaki-pakinabang sa kanilang laman, binabago nila ang kanilang pananaw tungkol sa Diyos, at nililisan pa ang Diyos. Ganoon ang mga hindi maninindigan sa katapusan, na naghahanap lamang ng mga pagpapala ng Diyos at walang pagnanais na gumugol ng kanilang mga sarili para sa Diyos at ialay ang kanilang mga sarili sa Kanya. Ang uring ito ng mga hamak na tao ay patatalsikin lahat kapag natapos na ang gawain ng Diyos, at hindi sila karapat-dapat sa kahit na anong awa. Yaong mga walang pagkatao ay walang kakayahang mahalin ang Diyos nang tunay. Kapag ang paligid ay tiwasay at ligtas, o may pakinabang na matatamo, sila ay lubusang masunurin sa Diyos, ngunit sa sandaling ang kanilang ninanais ay nalagay sa alanganin o hindi nila nakuha, ay agad silang naghihimagsik. Kahit na pagkatapos lamang ng isang gabi, maaari silang magbago mula sa isang nakangiti at “mabait” na tao tungo sa isang pangit at mabangis na mamamatay-tao, biglang itinuturing na mortal na kaaway ang kanilang tagapagpala kahapon nang walang pagkatugma o kadahilanan. Kung ang mga demonyong ito ay hindi napalayas, ang mga demonyong ito na papatay nang walang kurap, hindi ba sila magiging tagong panganib? Ang gawain ng pagliligtas sa tao ay hindi nakakamit pagkatapos ng kaganapan ng gawaing panlulupig. Kahit natapos na ang gawain ng panlulupig, ang gawain ng pagdadalisay sa tao ay hindi pa natapos; ang gayong gawain ay matatapos lamang sa sandaling ang tao ay lubusang nagawa nang dalisay, sa sandaling yaong mga tunay na nagpapasakop sa Diyos ay nagawa nang ganap, at sa sandaling yaong mga mapagpanggap na walang Diyos sa kanilang mga puso ay naalis na. Yaong mga hindi nakalulugod sa Diyos sa huling yugto ng Kanyang gawain ay lubusang aalisin, at yaong mga naaalis ay pag-aari ng diyablo. Dahil hindi nila kayang paluguran ang Diyos, sila ay suwail sa Diyos, at kahit na sumusunod ang mga taong ito sa Diyos ngayon, ito ay hindi nagpapatunay na sila ang mga mananatili sa wakas. Sa mga salitang “yaong mga sumunod sa Diyos hanggang sa katapusan ay tatanggap ng kaligtasan,” ang kahulugan ng “sumunod” ay tumayo nang matatag sa kabila ng kapighatian. Ngayon, marami ang naniniwala na madali ang sumunod sa Diyos, ngunit kapag ang gawain ng Diyos ay malapit nang matapos, malalaman mo ang tunay na kahulugan ng “sumunod.” Hindi dahil kaya mo pang sumunod sa Diyos ngayon matapos lupigin, ito ay hindi nagpapatunay na isa ka sa mga gagawing perpekto. Yaong mga hindi kinakayang pagtiisan ang mga pagsubok, silang mga hindi kayang maging

matagumpay sa gitna ng kapighatian ay hindi makakayang tumayo nang matatag sa kahuli-hulihan, kaya't hindi makakayang sumunod sa Diyos hanggang sa katapus-katapusan. Ang mga tunay na sumusunod sa Diyos ay kayang matagalan ang pagsubok ng kanilang gawain, samantalang yaong mga hindi talaga sumusunod sa Diyos ay hindi kayang matagalan ang anumang mga pagsubok ng Diyos. Hindi magtatagal, sila ay mapatatalsik, habang ang mga mananagumpay ay mananatili sa kaharian. Kung ang tao ay tunay na naghahanap sa Diyos o hindi ay nalalaman sa pamamagitan ng pagsubok sa kanyang gawain, iyon ay, sa pamamagitan ng mga pagsubok ng Diyos, at walang kaugnayan sa pagpapasya ng tao mismo. Hindi tinatanggi ng Diyos ang sinumang tao kung kailan Niya gusto; lahat ng ginagawa Niya ay lubusang makakahikayat sa tao. Hindi Siya gumagawa ng anumang bagay na hindi nakikita ng tao, o anumang gawain na hindi makahihikayat sa tao. Kung ang paniniwala ng tao ay tunay o hindi, ay napapatotohanan ng mga katunayan at hindi mapagpapasyahan ng tao. Walang duda na ang "trigo ay hindi magagawang mapanirang damo, at ang mapanirang damo ay hindi magagawang trigo." Ang lahat ng tunay na nagmamahal sa Diyos ay mananatili sa kaharian sa kahuli-hulihan, at hindi pagmamalabisan ng Diyos ang sinumang tunay na nagmamahal sa Kanya. Batay sa iba't iba nilang mga tungkulin at mga patotoo, ang mga mananagumpay sa kaharian ay magsisilbing mga saserdote o tagasunod, at lahat ng matagumpay sa gitna ng kapighatian ay magiging kalipunan ng saserdote sa loob ng kaharian. Ang mga kalipunan ng saserdote ay mabubuo kapag ang gawain ng ebanghelyo sa buong sansinukob ay natapos na. Kapag dumating ang panahong iyon, ang kailangang gawin ng tao ay ang pagganap sa kanyang tungkulin sa kaharian ng Diyos, at ang paninirahan niyang kasama ang Diyos sa loob ng kaharian. Sa kalipunan ng mga saserdote mayroong magiging mga punong saserdote at mga saserdote, at ang natitira ay magiging mga anak at bayan ng Diyos. Ito ay malalaman lahat sa pamamagitan ng kanilang mga patotoo sa Diyos sa panahon ng kapighatian; hindi lamang ito mga titulo na ibinibigay lamang batay sa kagustuhan. Sa sandaling ang katayuan ng tao ay naitatag na, ang gawain ng Diyos ay matatapos, dahil ang lahat ay pinagsasama-sama ayon sa uri at ibinabalik sa kanilang orihinal na kalagayan, at ito ang tanda ng katuparan ng gawain ng Diyos, ito ang pangwakas na kinalabasan ng gawain ng Diyos at ng pagsasagawa ng tao, at ito ang pagkakabuo-buo ng mga pangitain ng gawain ng Diyos at ng pakikipagtulungan ng tao. Sa katapusan, ang tao ay makakasumpong ng kapahingahan sa kaharian ng Diyos, at ang Diyos, rin, ay babalik sa Kanyang tahanan upang mamahinga. Ito ang magiging pangwakas na kinalabasan ng 6,000 taong pakikipagtulungan sa pagitan ng Diyos at ng tao.

Ang Diwa ni Cristo ay ang Pagsunod sa Kalooban ng Ama sa Langit

Tinatawag na Cristo ang Diyos na nagkatawang-tao, at si Cristo ay ang katawang-taong isinuot ng Espiritu ng Diyos. Hindi katulad ng sinumang tao sa laman ang katawang-taong ito. Ang kaibhang ito ay dahil hindi sa laman at dugo si Cristo; Siya ay ang pagkakatawang-tao ng Espiritu. Siya ay kapwa may normal na pagkatao at ganap na pagka-Diyos. Hindi taglay ng sinumang tao ang pagka-Diyos Niya. Ang normal na pagkatao Niya ang nagpapanatili sa lahat ng normal na gawain Niya sa katawang-tao, habang isinasakatuparan ng pagka-Diyos Niya ang gawain ng Diyos Mismo. Pagkatao man o pagka-Diyos man Niya ito, kapwa nagpapasakop ang mga ito sa kalooban ng Ama sa langit. Ang Espiritu ang diwa ni Cristo, ibig sabihin ay ang pagka-Diyos. Samakatuwid, ang diwa Niya ay ang sa Diyos Mismo; hindi gagambalain ng diwang ito ang sarili Niyang gawain, at hindi Siya posibleng makagawa ng anumang bagay na sisira sa sarili Niyang gawain, ni hindi rin Siya bibigkas ng anumang mga salita na sumasalungat sa sarili Niyang kalooban. Samakatuwid, ganap na hindi gagawa kailanman ang Diyos na nagkatawang-tao ng kahit anumang gawaing gumagambala sa sarili Niyang pamamahala. Ito ang dapat maunawaan ng lahat ng mga tao. Ang diwa ng gawain ng Banal na Espiritu ay upang iligtas ang tao, at para sa kapakanan ng sariling pamamahala ng Diyos. Katulad nito, ang gawain ni Cristo ay upang iligtas din ang tao, at alang-alang ito sa kalooban ng Diyos. Yamang nagkatawang-tao ang Diyos, napagtatanto Niya ang diwa Niya sa loob ng Kanyang katawang-tao, na sapat ang katawang-tao Niya upang isagawa ang Kanyang gawain. Samakatuwid, ang lahat ng gawain ng Espiritu ng Diyos ay pinalitan ng gawain ni Cristo habang nasa panahon ng pagkakatawang-tao, at ang nasa kaibuturan ng lahat ng gawain sa buong panahon ng pagkakatawang-tao ay ang gawain ni Cristo. Hindi ito maaaring maihalo sa gawain mula sa anumang ibang kapanahunan. At yamang nagiging katawang-tao ang Diyos, gumagawa Siya sa pagkakakilanlan ng Kanyang katawang-tao; yamang dumarating Siya sa katawang-tao, tinatapos Niya sa gayon sa katawang-tao ang gawaing dapat Niyang gawin. Espiritu ng Diyos man ito o si Cristo man ito, kapwa Sila ang Diyos Mismo, at ginagawa Niya ang gawain na dapat Niyang gawin at ginagampanan ang ministryong dapat Niyang gampanan.

Humahawak ng awtoridad ang mismong pinakadiwa ng Diyos, ngunit nagagawa Niyang lubusang magpasakop sa awtoridad na nagmumula sa Kanya. Gawain man ito ng Espiritu o gawain ng laman, hindi sumasalungat ang isa sa isa. Ang Espiritu ng Diyos ay ang awtoridad sa buong sangnilikha. Nagtataglay din ng awtoridad ang katawang-taong may diwa ng Diyos, ngunit maaaring gawin ng Diyos sa katawang-tao ang lahat ng gawaing sumusunod sa kalooban ng Ama sa langit. Hindi ito matatamo o maiisip ng sinumang tao. Ang Diyos Mismo ay awtoridad, ngunit maaaring magpasakop ang katawang-tao Niya sa Kanyang awtoridad. Ito ang ipinahihiwatig kapag sinasabing “Sumusunod si Cristo sa kalooban ng Diyos Ama.” Isang Espiritu ang Diyos at makakayang

gawin ang gawain ng pagliligtas, tulad ng maaaring maging tao ang Diyos. Sa ano't anuman, ang Diyos Mismo ang gumagawa ng sarili Niyang gawain; ni hindi Siya nang-aabala o nanghihimasok, lalong hindi Siya nagsasakatuparan ng gawaing sumasalungat sa mismong gawain, dahil magkatulad ang diwa ng gawaing ginagawa ng Espiritu at ng katawang-tao. Espiritu man ito o ang katawang-tao, gumagawa ang dalawa upang tuparin ang isang kalooban at upang pamahalaan ang kapwa gawain. Bagama't may dalawang magkaibang katangian ang Espiritu at ang katawang-tao, magkatulad ang kanilang mga diwa; kapwa sila may diwa ng Diyos Mismo, at ng pagkakakilanlan ng Diyos Mismo. Hindi nagtataglay ang Diyos Mismo ng mga sangkap ng pagsuway; mabuti ang Kanyang diwa. Siya ang pagpapahayag ng lahat ng kagandahan at kabutihan, gayundin ng lahat ng pagmamahal. Kahit sa katawang-tao, hindi gumagawa ang Diyos ng anumang sumusuway sa Diyos Ama. Maging kabayaran man ang paghahain ng Kanyang buhay, buong puso Siyang handa na gawin ito, at wala na Siyang ibang pipiliin. Hindi nagtataglay ang Diyos ng mga sangkap ng pagmamagaling o pagpapahalaga sa sarili, o yaong sa kapalaluan at pagmamataas; hindi Siya nagtataglay ng mga sangkap ng kabuktutan. Nagmumula kay Satanas ang lahat-lahat ng sumusuway sa Diyos; si Satanas ang pinagmumulan ng lahat ng kapangitan at kabuktutan. Ang dahilan ng pagkakaroon ng tao ng mga katangiang kahalintulad ng kay Satanas ay dahil nagawa nang tiwali at nilinlang na ni Satanas ang tao. Hindi nagawang tiwali ni Satanas si Cristo, kaya't ang mga katangian ng Diyos ang tangi Niyang inaangkin, at wala sa mga katangian ni Satanas. Gaano man kahirap ang gawain o gaano man kahina ang katawang-tao, ang Diyos, habang nabubuhay Siya sa katawang-tao, ay hindi kailanman gagawa ng anumang bagay na gagambala sa gawain ng Diyos Mismo, lalo na tatalikdan sa pagsuway ang kalooban ng Diyos Ama. Higit pa Niyang pipiliin na magdusa ng mga pasakit ng laman kaysa pagtaksilan ang kalooban ng Diyos Ama; tulad ito ng sinabi ni Jesus sa panalangin, "Ama, kung maaari, hayaan Mong lumampas mula sa Akin ang sarong ito: gayon man hindi ayon sa kalooban Ko, kundi ang ayon sa kalooban Mo." Gumagawa ng sarili nilang mga pagpipilian ang mga tao, ngunit hindi si Cristo. Bagama't mayroon Siyang pagkakakilanlan ng Diyos Mismo, hinahangad pa rin Niya ang kalooban ng Diyos Ama, at tinutupad kung ano ang ipinagkakatiwala sa Kanya ng Diyos Ama, mula sa pananaw ng katawang-tao. Isang bagay ito na hindi maaaring matamo ng tao. Ang nanggagaling kay Satanas ay hindi maaaring magkaroon ng diwa ng Diyos; maaari lamang itong magkaroon ng isang sumusuway at lumalaban sa Diyos. Hindi ito ganap na makasusunod sa Diyos, lalo na ang kusang loob na pagsunod sa kalooban ng Diyos. Lahat ng mga tao maliban kay Cristo ay maaaring gawin iyang lumalaban sa Diyos, at wala ni isang tao ang tuwirang makagagawa sa gawaing ipinagkakatiwala ng Diyos; wala ni isa ang makakayang ituring ang pamamahala ng Diyos bilang sarili niyang tungkuling gagampanan. Pagpapasakop sa kalooban ng Diyos Ama ang diwa ni Cristo; katangian ni Satanas ang pagsuway sa Diyos. Hindi magkaayon ang dalawang katangiang ito, at hindi matatawag na Cristo ang sinumang may mga katangian ni Satanas. Ang dahilan

na hindi magagawa ng tao ang gawain ng Diyos bilang kahalili Niya ay dahil walang anumang diwa ng Diyos ang tao. Gumagawa ang tao para sa Diyos alang-alang sa mga pansariling kapakinabangan at sa mga panghinaharap na pag-asam ng tao, ngunit gumagawa si Cristo upang gawin ang kalooban ng Diyos Ama.

Pinamamahalaan ng Kanyang pagka-Diyos ang pagkatao ni Cristo. Bagama't nasa katawang-tao Siya, hindi lubusang katulad ng isang tao ng laman ang Kanyang pagkatao. May sarili Siyang namumukod-tanging katangian, at pinamamahalaan din ito ng pagka-Diyos Niya. Walang kahinaan ang pagka-Diyos Niya; tumutukoy sa Kanyang pagkatao ang kahinaan ni Cristo. Sa ilang antas, napipigil ng kahinaan ito ang pagka-Diyos Niya, ngunit nakapaloob sa isang tiyak na saklaw at oras ang gayong mga takda, at hindi walang hangganan. Pagdating ng oras upang isakatuparan ang gawain ng Kanyang pagka-Diyos, ginagawa ito nang hindi alintana ang pagkatao Niya. Ang pagkatao ni Cristo ay ganap na pinangangasiwaan ng Kanyang pagka-Diyos. Bukod sa normal na buhay ng pagkatao Niya, ang lahat ng iba pang mga kilos ng Kanyang pagkatao ay naiimpluwensyahan, naaapektuhan, at napapatnubayan ng pagka-Diyos Niya. Bagama't may pagkatao si Cristo, hindi ito nakagagambala sa gawain ng pagka-Diyos Niya, at ito ay tiyak na tiyak na dahil pinangangasiwaan ng pagka-Diyos ni Cristo ang Kanyang pagkatao; bagama't hindi nagkagulang ang pagkatao Niya sa kung paano ito umaasal sa iba, hindi ito nakaaapekto sa normal na gawain ng pagka-Diyos Niya. Kapag sinasabi Kong hindi pa nagawang tiwali ang Kanyang pagkatao, ang ibig Kong sabihin ay maaaring tuwirang atasan ng pagka-Diyos ni Cristo ang Kanyang pagkatao, na Siya ay nagtataglay ng mas higit na katuturan kaysa sa taglay ng karaniwang tao. Nababagay nang higit sa lahat ang pagkatao Niya na mapangasiwaan ng pagka-Diyos sa Kanyang gawain; ang pagkatao Niya ay magagawa nang higit sa lahat na magpahayag ng gawain ng pagka-Diyos, at magagawa nang higit sa lahat na magpasakop sa ganoong gawain. Habang gumagawa ang Diyos sa katawang-tao, hindi Niya nakakaligtaan ang tungkuling dapat tuparin ng tao sa laman; nagagawa Niyang sambahin ang Diyos sa langit nang may tunay na puso. May diwa Siya ng Diyos, at ang pagkakakilanlan Niya ay ang sa Diyos Mismo. Nangyari lamang na dumating Siya sa lupa at naging isang nilikhang katauhan na may panlabas na balat ng isang nilikhang katauhan, at nagtataglay ngayon ng pagkataong hindi Niya dating taglay. Nagagawa Niyang sambahin ang Diyos sa langit; ito ang katauhan ng Diyos Mismo at walang katulad sa tao. Ang pagkakakilanlan Niya ay Diyos Mismo. Sumasamba Siya sa Diyos mula sa pananaw ng katawang-tao; samakatuwid, ang mga salitang "Sumasamba si Cristo sa Diyos sa langit" ay hindi mali. Ang hinihingi Niya sa tao ay ang mismong Sarili Niyang katauhan; natamo na Niya ang lahat ng Kanyang hinihiling sa tao bago ang paghiling ng ganoon sa kanila. Hindi Siya kailanman gagawa ng mga hiling sa iba samantalang Siya Mismo ay malaya mula sa mga ito, dahil ang lahat ng ito ang bumubuo sa Kanyang katauhan. Paano man Niya isinasakatuparan ang Kanyang gawain, hindi Siya kikilos sa paraang sumusuway sa Diyos. Anupaman ang hilingin Niya sa tao, walang hiling na lalagpas sa kayang matamo

ng tao. Ang lahat ng ginagawa Niya ay yaong tumutupad sa kalooban ng Diyos at alang-alang sa Kanyang pamamahala. Higit sa lahat ng mga tao ang pagka-Diyos ni Cristo; samakatuwid, Siya ang pinakamataas na awtoridad ng lahat ng mga nilikhang katauhan. Ang pagka-Diyos Niya ang awtoridad na ito, ibig sabihin ay ang disposisyon at katauhan ng Diyos Mismo, na tumutukoy sa Kanyang pagkakakilanlan. Samakatuwid, gaano man kakaraniwan ang pagkatao Niya, hindi maikakaila na nasa Kanya ang pagkakakilanlan ng Diyos Mismo; sa kung anumang pananaw man Siya nagsasalita at paano man Siya sumusunod sa kalooban ng Diyos, hindi maaaring sabihin na hindi Siya ang Diyos Mismo. Malimit na itinuturing ng mga taong hangal at mangmang na isang kapintasan ang karaniwang pagkatao ni Cristo. Paano man Niya ipinahahayag at ibinubunyag ang katauhan ng Kanyang pagka-Diyos, hindi magagawa ng tao na kilalanin na Siya ay si Cristo. At higit na ipinakikita ni Cristo ang pagsunod at pagpapakumbaba Niya, lalong nagiging bahagya ang pagturing ng mga hangal na tao kay Cristo. Mayroon pa nga yaong mga nag-uugali ng saloobin ng pagbubukod at paghamak sa Kanya, subalit inilalagay sa hapag yaong mga “dakilang tao” ng matatayog na larawan upang sambahin. Ang paglaban at pagsuway ng tao sa Diyos ay nagmumula sa katunayan na ang diwa ng Diyos na nagkatawang-tao ay nagpapasakop sa kalooban ng Diyos, gayundin na mula sa pangkaraniwang pagkatao ni Cristo; ito ang pinagmumulan ng paglaban at pagsuway ng tao sa Diyos. Kung si Cristo ay ni walang anyo ng Kanyang pagkatao o hindi hinanap ang kalooban ng Diyos Ama mula sa pananaw ng isang nilikhang katauhan, ngunit sa halip ay nagtaglay ng isang sukdulang pagkatao, higit sa malamang na walang magiging pagsuway sa hanay ng tao. Ang dahilan na laging nahahanda ang tao na maniwala sa isang hindi nakikitang Diyos sa langit ay dahil walang pagkatao ang Diyos sa langit, ni hindi Siya nagtataglay ng kahit isang katangian ng isang nilikha. Samakatuwid, lagi Siyang itinuturing ng tao nang may pinakadakilang pagpapahalaga, ngunit may tinataglay na saloobin ng paghamak kay Cristo.

Bagama't nagagawa ni Cristo sa lupa na gumawa sa ngalan ng Diyos Mismo, hindi Siya dumarating na may layuning ipakita sa lahat ng mga tao ang larawan Niya sa katawang-tao. Hindi Siya dumarating upang makita Siya ng lahat ng mga tao; dumarating Siya upang pahintulutan ang tao na maakay ng kamay Niya, at sa gayon ay makapasok ang tao sa bagong kapanahunan. Ang katungkulan ng katawang-tao ni Cristo ay para sa gawain ng Diyos Mismo, iyon ay para sa gawain ng Diyos sa katawang-tao, at hindi upang bigyang kakayahan ang tao na lubusang maunawaan ang diwa ng katawang-tao Niya. Paano man Siya gumagawa, wala sa ginagawa Niya ang lumalampas sa matatamo ng katawang-tao. Paano man Siya gumagawa, ginagawa Niya ito sa katawang-tao na may normal na pagkatao, at hindi lubos na ibinubunyag sa tao ang totoong mukha ng Diyos. Dagdag dito, ang gawain Niya sa katawang-tao ay hindi kailanman kahimahala o hindi matataya tulad ng maisip ng tao. Bagama't kinakatawan ni Cristo ang Diyos Mismo sa katawang-tao at isinasakatuparan mismo ang gawain na dapat gawin ng Diyos Mismo, hindi Niya ikinakaila ang pag-iral ng Diyos sa langit, ni mainit Niyang

ipinahahayag ang sarili Niyang mga gawa. Sa halip, nananatili Siyang nakakubli, mapagpakumbaba, sa loob ng Kanyang laman. Bukod kay Cristo, yaong mga huwad na umaangking sila si Cristo ay hindi nagtataglay ng Kanyang mga katangian. Kapag magkatabing inihahambing sa mapagmataas at sariling pagdadakila ng disposisyon ng mga huwad na Cristo, nagiging malinaw kung anong uring katawang-tao ang tunay na Cristo. Lalong huwad sila, lalong ipinagpaparangya ng mga ganitong huwad na Cristo ang mga sarili nila, at mas may kakayahan silang gumawa ng mga tanda at mga kababalaghan upang linlangin ang tao. Walang mga katangian ng Diyos ang mga huwad na Cristo; hindi nadudungisan si Cristo ng kahit anong sangkap na pagmamay-ari ng mga huwad na Cristo. Nagkakatawang-tao lamang ang Diyos upang buuin ang mga gawain ng katawang-tao, hindi lamang upang pahintulutang makita Siya ng mga tao. Sa halip, hinahayaan Niyang ang gawain Niya ang magpatunay ng Kanyang pagkakakilanlan, at hinahayaang yaong ibinubunyag Niya na magpatunay sa Kanyang diwa. Hindi walang batayan ang diwa Niya; hindi kinamkam ng Kanyang kamay ang pagkakakilanlan Niya; matutukoy ito sa pamamagitan ng Kanyang gawain at Kanyang diwa. Bagama't may diwa Siya ng Diyos Mismo at may kakayahang gawin ang gawain ng Diyos Mismo, Siya pa rin, sa dakong huli, ay katawang-tao, hindi katulad ng Espiritu. Hindi Siya Diyos na may mga katangian ng Espiritu; Siya ay Diyos na may balat ng katawang-tao. Samakatuwid, gaano man Siya kanormal at gaano man Siya kahina, at paano man hinahangad Niya ang kalooban ng Diyos Ama, hindi maikakaila ang pagka-Diyos Niya. Umiiral sa loob ng nagkakatawang-taong Diyos hindi lamang ang normal na pagkatao at ang mga kahinaan nito; umiiral din ang kahanga-hanga at pagiging di-maarok na pagka-Diyos Niya, pati na rin ang lahat ng mga gawa Niya sa katawang-tao. Samakatuwid, kapwa umiiral ang pagkatao at pagka-Diyos sa loob ni Cristo, kapwa sa aktwal at praktikal. Kahit paano, hindi ito isang bagay na hungkag o kahima-himala. Dumarating Siya sa lupa na may pangunahing layunin ng pagsasakatuparan ng gawain; kinakailangang magtaglay ng isang normal na pagkatao upang maisakatuparan ang gawain sa lupa; kung hindi, gaano pa man kadakila ang kapangyarihan ng pagka-Diyos Niya, hindi mailalagay sa mabuting paggagamitan ang unang tungkulin nito. Bagama't napakahalaga ng Kanyang pagkatao, hindi ito ang Kanyang diwa. Ang pagka-Diyos ang diwa Niya; samakatuwid, ang sandaling magsisimula na Siyang gampanan ang ministeryo Niya sa lupa ay ang sandaling magsisimula na Siyang ipahayag ang katauhan ng Kanyang pagka-Diyos. Umiiral ang pagkatao Niya upang mapanatili lamang ang normal na buhay ng Kanyang katawang-tao upang maisakatuparan ng Kanyang pagka-Diyos ang gawain bilang normal sa katawang-tao; ang pagka-Diyos ang lubos na nangangasiwa sa gawain Niya. Kapag nagawa na Niyang ganap ang Kanyang gawain, natupad na Niya ang Kanyang ministeryo. Ang dapat malaman ng tao ay ang kabuuan ng Kanyang gawain, at sa pamamagitan ng gawain Niya na nabibigyang daan Niya ang tao na makilala Siya. Sa buong takbo ng Kanyang gawain, lubusan Niyang ipinahahayag ang katauhan ng pagka-Diyos Niya, na hindi isang disposisyong

nadudungisan ng pagkatao, o isang katauhang nadudungisan ng kaisipan at asal ng tao. Kapag dumating na ang oras na ang lahat ng ministryo Niya ay nagwakas na, perpekto at ganap na Niyang naipahayag ang disposisyong dapat Niyang ipahayag. Hindi ginagabayan ang Kanyang gawain ng tagubilin ng sinumang tao; ang pagpapahayag ng disposisyon Niya ay ganap na malaya rin, at hindi masusupil ng isip o malilinang ng kaisipan, ngunit likas na ibinubunyag. Isang bagay ito na walang tao ang makapagtatamo. Kahit malupit ang kapaligiran o hindi kanais-nais ang mga kalagayan, nagagawa Niyang ipahayag ang Kanyang disposisyon sa naaangkop na oras. Ang Isang si Cristo ay ipinahahayag ang katauhan ni Cristo, samantalang yaong mga hindi ay hindi nagtataglay ng disposisyon ni Cristo. Samakatuwid, kahit na nilalabanan Siya ng lahat o may mga kuru-kuro sa Kanya, walang makapagkakaila batay sa mga kuru-kuro ng tao na ang disposisyong ipinahahayag ni Cristo ay ang sa Diyos. Ang lahat ng yaong mga hinahangad si Cristo nang may tunay na puso o sadyang hinahanap ang Diyos ay aamining si Cristo Siya batay sa pagpapahayag ng pagka-Diyos Niya. Hindi nila kailanman ipagkakaila si Cristo sa batayan ng kahit anumang aspeto Niyang hindi umaayon sa mga kuru-kuro ng tao. Bagama't napakahangal ng tao, tiyak na alam ng lahat kung ano ang kalooban ng tao at kung ano ang nagmumula sa Diyos. Nangyayari lamang na maraming tao ang sinasadyang nilalabanan si Cristo bilang bunga ng sarili nilang mga pakay. Kung hindi dahil dito, wala kahit isang tao ang magkakaroon ng dahilang ikaila ang pag-iral ni Cristo, dahil totoong umiiral ang pagka-Diyos na ipinahayag ni Cristo, at maaaring masaksihan ang gawain Niya ng mata lamang.

Ang gawain at pagpapahayag ni Cristo ang tumutukoy sa Kanyang diwa. Nagagawa Niyang kumpletuhin nang may tunay na puso yaong ipinagkatiwala sa Kanya. Nagagawa Niyang sambahin nang may tunay na puso ang Diyos sa langit, at hinahangad ang kalooban ng Diyos Ama nang may tunay na puso. Natutukoy ang lahat ng ito ng diwa Niya. At gayundin ang likas na pagsisiwalat Niya ay natutukoy ng Kanyang diwa; ang dahilan na tinatawag Ko itong ang "likas na pagsisiwalat" Niya ay dahil hindi panggagaya ang pagpapahayag Niya, o bunga ng pinag-aralan ng tao, o bunga ng maraming taong paglilinang ng tao. Hindi Niya ito natutuhan o ginayakan ang sarili Niya nito; sa halip, likas ito sa loob Niya. Maaaring ikaila ng tao ang Kanyang gawain, ang Kanyang pagpapahayag, ang Kanyang pagkatao, at ang Kanyang buong buhay ng normal na pagkatao, ngunit walang makapagkakailang sinasamba Niya ang Diyos sa langit nang may tunay na puso; walang makapagkakailang dumating Siya upang tuparin ang kalooban ng Ama sa langit, at walang makapagkakaila sa katapatan ng paghahanap Niya sa Diyos Ama. Bagama't hindi kaaya-aya sa mga pandama ang Kanyang larawan, hindi nagtataglay ng pambihirang pagmamagaling ang pagtatalakay Niya, at hindi kasingnakawawasak ng lupa o nakayayanig ng langit ang gawain Niya na tulad ng inaakala ng tao, Siya talaga si Cristo, na tumutupad nang may tunay na puso sa kalooban ng Ama sa langit, ganap na nagpapasakop sa Ama sa langit, at masunurin hanggang kamatayan. Ito ay sapagkat ang diwa Niya ay ang diwa ni Cristo. Mahirap para sa tao

na paniwalaan ang katotohanang ito, ngunit ito ay katunayan. Kapag ganap nang natupad ang ministryo ni Cristo, magagawang makita ng tao mula sa gawain Niya na ang Kanyang disposisyon at katauhan ay kumakatawan sa disposisyon at katauhan ng Diyos sa langit. Sa oras na iyon, makapagpapatunay ang kalahatan ng gawain Niya na Siya talaga ang Salitang nagiging katawang-tao, at hindi katulad ng laman at dugong tao. Bawat hakbang ng gawain ni Cristo sa lupa ay may kinakatawang kabuluhan, ngunit ang tao na nakararanas sa aktwal na gawain ng bawat hakbang ay hindi magagawang maunawaan ang kabuluhan ng gawain Niya. Lalo na ito sa ilang mga hakbang ng gawaing isinasakatuparan ng Diyos sa ikalawang pagkakatawang-tao Niya. Karamihan sa yaong mga nakaririnig o nakakikita lamang sa mga salita ni Cristo subalit hindi pa Siya kailanman nakikita ay walang mga kuru-kuro sa gawain Niya; yaong mga nakakita na kay Cristo at nakarinig sa mga salita Niya, gayundin ang nakararanas ng gawain Niya, ay nahihirapang tanggapin ang Kanyang gawain. Hindi ba ito dahil hindi ayon sa panlasa ng tao ang kaanyuan at ang normal na pagkatao ni Cristo? Yaong mga tinatanggap ang gawain Niya pagkaraang umalis si Cristo ay hindi magkakaroon ng ganoong mga paghihirap, dahil tinatanggap lamang nila ang gawain Niya at hindi nakikipag-ugnayan sa normal na pagkatao ni Cristo. Hindi magagawang ilaglag ng tao ang mga kuru-kuro niya sa Diyos at sa halip ay marubdob Siyang sinusuri; dahil ito sa katotohanang nakatuon lamang ang tao sa kaanyuan Niya at hindi magagawang makilala ang diwa Niya batay sa Kanyang gawain at mga salita. Kung ipipikit ng tao ang mga mata niya sa kaanyuan ni Cristo o iiwasang talakayin ang pagkatao ni Cristo, at magsasalita lamang sa pagka-Diyos Niya, na ang gawain at mga salita ay hindi matatamo ng kahit sinumang tao, mababawasan ng kalahati ang mga kuru-kuro ng tao, kahit sa saklaw na malulutas ang lahat ng mga paghihirap ng tao. Sa panahon ng gawain ng nagkatawang-taong Diyos, hindi Siya pagtitiisan ng tao at puno ito ng maraming mga kuru-kuro tungkol sa Kanya, at pangkaraniwan ang mga pagkakataon ng paglaban at pagsuway. Hindi magagawang pagtiisan ng tao ang pag-iral ng Diyos, magpakita ng kaluwagan sa kababaang-loob at pagiging kubli ni Cristo, o magpatawad sa diwa ni Cristo na sumusunod sa Ama sa langit. Samakatuwid, hindi Siya maaaring manatili kasama ng tao sa kawalang-hanggan pagkaraan Niyang matapos ang gawain Niya, dahil hindi handa ang tao na pahintulutan Siya na mamuhay kaagapay nila. Kung hindi magagawa ng tao na magpakita ng kaluwagan sa Kanya sa panahon ng gawain Niya, paano nila magagawang pagtiisan Siyang mamuhay na kaagapay nila pagkaraan Niyang matupad ang Kanyang ministryo, habang pinagmamasdan Niya silang unti-unting nararanasan ang Kanyang mga salita? Hindi ba sa gayon marami ang mahuhulog nang dahil sa Kanya? Pinahihintulutan lamang Siya ng tao na gumawa sa lupa; ito ang pinakamalaking saklaw ng kaluwagan ng tao. Kung hindi sa gawain Niya, matagal na Siyang pinalayas ng tao mula sa lupa, kaya gaano kaunti ang ipakikita nilang kaluwagan sa sandaling matapos na ang gawain Niya? Kung gayon, hindi ba Siya ipapapatay ng tao at pahihirapan Siya hanggang sa mamatay? Kung hindi Siya tinawag na Cristo, hindi Siya maaaring gumawa

sa gitna ng sangkatauhan; kung hindi Siya gumawang may pagkakakilanlan ng Diyos Mismo, at sa halip ay gumawa lamang bilang isang normal na tao, hindi pagtitiisan ng tao ang pagbigkas Niya ng kahit isang pangungusap, lalong hindi na pagtitiisan ang pinakabahagyang piraso ng gawain Niya. Kaya maaari lamang Niyang dalhin ang pagkakakilanlang ito kasama Niya sa Kanyang gawain. Sa ganitong paraan, mas makapangyarihan ang gawain Niya kaysa sa kung hindi Niya ito ginawa, dahil handang sumunod ang lahat ng mga tao sa katayuan at dakilang pagkakakilanlan. Kung hindi Niya dinala ang pagkakakilanlan ng Diyos Mismo habang gumagawa Siya o lumalabas bilang Diyos Mismo, hindi man lamang Siya magkakaroon ng pagkakataong gumawa. Sa kabila ng katotohanang may diwa Siya ng Diyos at ng katauhan ni Cristo, hindi nagluluwag ang tao at hindi Siya pinahihintulutang magaan na isakatuparan ang gawain sa gitna ng sangkatauhan. Dinadala Niya sa Kanyang gawain ang pagkakakilanlan ng Diyos Mismo; bagama't dose-dosenang ulit na mas makapangyarihan ang ganoong gawain kaysa sa ginawa nang walang ganoong pagkakakilanlan, hindi pa rin lubusang masunurin ang tao sa Kanya, dahil nagpapasakop lamang ang tao sa Kanyang katayuan at hindi sa Kanyang diwa. Kung gayon, kapag marahil isang araw ay bumaba si Cristo mula sa kinatatayuan Niya, mapahihintulutan ba Siya ng tao na manatiling buhay ng kahit isang araw? Handang mamuhay ang Diyos sa lupa kasama ang tao upang makita Niya ang ihahatid na mga dulot ng gawain ng kamay Niya sa susunod na mga taon. Gayunman, hindi magawa ng tao na tiisin ang presensya Niya kahit isang araw man lamang, kaya magagawa lamang Niyang sumuko. Ito na ang pinakamalaking saklaw ng kaluwagan at biyaya ng tao na pahintulutan ang Diyos na gawin sa gitna ng tao ang gawaing dapat Niyang gawin at upang tuparin ang ministeryo Niya. Bagama't yaong mga Siya Mismong nalupig na Niya ay nagpapakita sa Kanya ng ganoong biyaya, pinahihintulutan pa rin nila Siyang manatili lamang hanggang sa matapos ang gawain Niya, at hindi na lalampas pa rito. Kung ganito, paano na yaong mga hindi pa Niya nalulupig? Hindi ba't ang dahilang tinatrato ng tao ang Diyos na nagkatawang-tao sa ganitong paraan ay sapagkat Siya si Cristong may balat ng normal na tao? Kung mayroon lamang Siyang pagka-Diyos at hindi isang normal na pagkatao, hindi ba pinakamadaling malulutas ang mga paghihirap ng tao? Atubiling kinikilala ng tao ang pagka-Diyos Niya at hindi nagpapakita ng interes sa balat Niya ng isang karaniwang tao, sa kabila ng katotohanang ang diwa Niya ay ganap nang tulad ng kay Cristo na nagpapasakop sa kalooban ng Ama sa langit. Sa ganoon, maaari lamang Niyang itigil ang gawain Niya ng pagiging nasa gitna ng tao upang ibahagi sa kanila ang kapwa mga galak at mga kalungkutan, dahil hindi na maaaring magparaya ang tao sa pag-iral Niya.

Pagpapanumbalik ng Normal na Buhay ng Tao at Pagdadala sa Kanya sa Isang Kamangha-manghang Hantungan

Bahagyang nauunawaan ng tao ang gawain sa kasalukuyan at gawain sa hinaharap, ngunit hindi niya nauunawaan ang hantungan kung saan papasok ang sangkatauhan. Bilang isang nilalang, kailangang gampanan ng tao ang tungkulin ng isang nilalang: Kailangang sundin ng tao ang Diyos sa anumang Kanyang ginagawa; dapat kayong magpatuloy sa anumang paraang sabihin Ko sa inyo. Wala kang paraan upang mamahala ng mga bagay para sa iyong sarili, at wala kang kadalubhasaan sa iyong sarili; ang lahat ay dapat ipaubaya sa pagsasaayos ng Diyos, at lahat ay nasa Kanyang mga kamay. Kung ang gawain ng Diyos ay naglaan sa tao ng isang katapusan, isang kamangha-manghang hantungan, nang mas maaga, at kung ginamit ito ng Diyos upang hikayatin ang tao at pasunurin ang tao sa Kanya—kung gumawa Siya ng kasunduan sa tao—hindi ito magiging paglupig, ni magiging para gawaan ang buhay ng tao. Kung gagamitin ng Diyos ang katapusan ng tao upang kontrolin siya at matamo ang kanyang puso, sa ganito ay hindi Niya gagawing perpekto ang tao, ni magagawa Niyang matamo ang tao, bagkus ay gagamitin ang hantungan upang kontrolin siya. Walang inaalala ang tao nang higit pa sa katapusan sa hinaharap, ang huling hantungan, at kung mayroon man o walang mabuting bagay na aasahan. Kung binigyan ang tao ng magandang pag-asa sa panahon ng gawain ng panlulupig, at kung, bago pa ang paglupig sa tao, nabigyan siya ng isang wastong hantungan na hahangaring matamo, hindi lamang sa hindi matatamo ng gawain ng panlulupig sa tao ang epekto nito, kundi maiimpluwensyahan din ang epekto ng gawain ng panlulupig. Ibig sabihin, nakakamit ng gawain ng panlulupig ang epekto nito sa pamamagitan ng pag-aalis sa kapalaran at mga pagkakataon ng tao at paghatol at pagkastigo sa mapanghimagsik na disposisyon ng tao. Hindi ito nakakamit sa pamamagitan ng paggawa ng isang kasunduan sa tao, ibig sabihin, sa pamamagitan ng pagbibigay sa tao ng mga pagpapala at biyaya, kundi sa pamamagitan ng paghahayag ng katapatan ng tao sa pamamagitan ng pagtatanggal ng kanyang “kalayaan” at pagsira sa kanyang mga pagkakataon. Ito ang diwa ng gawain ng panlulupig. Kung binigyan ang tao ng magandang pag-asa sa pinakasimula, at ang gawain ng pagkastigo at paghatol ay ginawa pagkatapos, tatanggapin ng tao ang pagkastigo at paghatol na ito sa batayang nagkaroon siya ng mga pagkakataon, at sa katapusan, ang walang-kundisyong pagsunod at pagsamba sa Lumikha ng lahat ng Kanyang nilikha ay hindi makakamit; magkakaroon lamang ng bulag at walang-muwang na pagsunod, o kung hindi ang tao ay gagawa ng bulag na mga paghingi sa Diyos, at magiging imposible na ganap na malupig ang puso ng tao. Dahil dito, magiging imposible para sa gayong gawain ng panlulupig na makamit ang tao, o, higit pa rito, magpatotoo sa Diyos. Ang gayong mga nilalang ay hindi makakaganap ng kanilang tungkulin at makikipagtawaran lamang sa Diyos; hindi ito magiging paglupig, kundi habag at pagpapala. Ang pinakamalaking

suliranin sa tao ay na wala siyang iniisip kundi ang kanyang kapalaran at mga pagkakataon, na iniidolo niya ang mga iyon. Pinagsisikapang matamo ng tao ang Diyos alang-alang sa kanyang kapalaran at mga pagkakataon; hindi niya sinasamba ang Diyos dahil sa kanyang pag-ibig sa Kanya. Kung kaya, sa paglupig sa tao, ang pagkamakasari, kasakiman at mga bagay na pinakahadlang sa pagsamba ng tao sa Diyos ay dapat mapakitunguhan at sa gayo'y maalis na lahat. Sa paggawa nito, ang mga epekto ng paglupig sa tao ay makakamit. Bilang resulta, sa mga unang yugto ng paglupig sa tao, kailangan na alisin ang mga ligaw na ambisyon at ang pinakanakamamatay na mga kahinaan ng tao, at, sa pamamagitan nito, ibunyag ang pag-ibig ng tao sa Diyos at baguhin ang kanyang kaalaman tungkol sa buhay ng tao, ang kanyang pananaw sa Diyos, at ang kahulugan ng kanyang pag-iral. Sa ganitong paraan, ang pag-ibig ng tao sa Diyos ay nalilinis, na ang ibig sabihin, ang puso ng tao ay nalulupig. Ngunit sa saloobin ng Diyos tungo sa lahat ng nilalang, hindi nanlulupig ang Diyos para lamang sa kapakanan ng panlulupig; sa halip, Siya ay nanlulupig upang makamit ang tao, para sa kapakanan ng Kanyang sariling kaluwalhatian, at upang mabawi ang pinakauna at orihinal na wangis ng tao. Kung Siya ay manlulupig para lamang sa kapakanan ng paglupig, ang kabuluhan ng gawain ng panlulupig ay mawawala. Ibig sabihin niyan ay kung, pagkatapos lupigin ang tao, pinabayaan na ng Diyos ang tao, at hindi na nakialam sa kanyang buhay o kamatayan, hindi na ito magiging pamamahala sa sangkatauhan, ni ang paglupig sa tao ay magiging para sa kapakanan ng kanyang kaligtasan. Ang pagtatamo lamang sa tao pagkatapos ng paglupig sa kanya at ang kanyang pagdating sa isang kamanghamanghang hantungan sa kahuli-hulihan ang nasa sentro ng lahat ng gawain ng pagliligtas, at ito lamang ang magkakamit ng mithiin na kaligtasan ng tao. Sa madaling sabi, ang pagdating lamang ng tao sa magandang hantungan at ang kanyang pagpasok sa kapahingahan ang mga pag-asam na dapat taglayin ng lahat ng nilalang, at ang gawain na dapat gawin ng Lumikha. Kung tao ang gagawa ng gawaing ito, masyado itong magiging limitado: Maaari nitong madala ang tao hanggang sa isang punto, ngunit hindi nito madadala ang tao sa walang-hanggang hantungan. Hindi kayang pagpasyahan ng tao ang kanyang tadhana, ni, higit pa rito, kaya niyang tiyakin ang mga pagkakataon ng tao at hantungan sa hinaharap. Subalit, ang gawaing ginagawa ng Diyos ay naiiba. Yamang nilikha Niya ang tao, pinangungunahan Niya ito; yamang inililigtas Niya ang tao, ililigtas Niya ito nang lubusan, at ganap na kakamtin; yamang pinangungunahan Niya ang tao, dadalhin Niya ito sa wastong hantungan; at yamang nilikha Niya at pinamamahalaan ang tao, kailangan Niyang akuin ang pananagutan sa kapalaran at mga pagkakataon ng tao. Ito ang gawaing ginagawa ng Lumikha. Bagama't ang gawain ng panlulupig ay nakakamit sa pamamagitan ng pag-aalis sa tao ng kanyang mga pagkakataon, ang tao sa kahuli-hulihan ay dapat na madala sa wastong hantungan na inihanda para sa kanya ng Diyos. Mismong dahil gumagawa ang Diyos sa tao na ang tao ay may hantungan at ang kanyang kapalaran ay natitiyak na. Dito, ang akmang hantungan na tinutukoy ay hindi ang mga pag-asa at mga pagkakataon ng tao na inalis

noong mga lumipas na panahon; ang dalawa ay magkaiba. Yaong mga inaasahan ng tao at hinahangad na matamo ay ang mga paghahangad na umuusbong mula sa kanyang paghahangad na matamo ang maluluhong pagnanasa ng laman, sa halip na ang hantungan na marapat sa tao. Samantala, ang inihanda ng Diyos para sa tao ay ang mga pagpapala at mga pangako na nararapat sa tao sa sandaling siya ay nagawa nang dalisay, na inihanda ng Diyos para sa tao matapos likhain ang mundo, at na hindi nababahiran ng mga pagpili, mga kuru-kuro, imahinasyon o laman ng tao. Ang hantungang ito ay hindi inihahanda para sa isang partikular na tao, kundi ang dako ng kapahingahan ng buong sangkatauhan. At kaya, ang hantungang ito ang pinakaangkop na hantungan para sa sangkatauhan.

Nilalayon ng Lumikha na isaayos ang lahat ng nilikha. Hindi mo dapat iwaksi o suwayin ang anumang Kanyang ginagawa, ni dapat kang maging mapanghimagsik sa Kanya. Kapag sa huli ay nakamit ng gawain na Kanyang ginagawa ang Kanyang mga mithiin, dito Siya magtatamo ng kaluwalhatian. Ngayon, bakit hindi sinasabi na ikaw ang inapo ni Moab, o ang anak ng malaking pulang dragon? Bakit walang sinasabi tungkol sa mga taong hinirang, at may sinasabi lamang tungkol sa mga nilikha? Ang nilikha—ito ang orihinal na tawag sa tao, at ito ang likas niyang pagkakakilanlan. Nagkakaiba-iba lamang ang mga pangalan sapagkat magkakaiba ang mga kapanahunan at mga panahon ng paggawa; sa katunayan, ang tao ay isang ordinaryong nilikha. Ang lahat ng nilikha, maging sila man ang pinakatiwali o ang pinakabanal, ay dapat gampanan ang tungkulin ng isang nilikha. Kapag isinasakatuparan ng Diyos ang gawain ng panlulupig, hindi ka Niya kinokontrol gamit ang iyong mga pagkakataon, kapalaran o hantungan. Hindi naman talaga kailangang gumawa sa ganitong paraan. Ang minimithi ng gawain ng panlulupig ay ang gawin ang taong gampanan ang tungkulin ng isang nilalang, ang pasambahin siya sa Lumikha; pagkatapos lamang nito saka siya makakapasok sa kamangha-manghang hantungan. Ang kapalaran ng tao ay nasa kontrol ng mga kamay ng Diyos. Ikaw ay walang kakayahang kontrolin ang iyong sarili: Kahit na parating nagmamadali at nag-aabala ang tao para sa kanyang sarili, nananatili siyang walang kakayahan na kontrolin ang kanyang sarili. Kung kaya mong malaman ang iyong mga sariling hinaharap, kung makokontrol mo ang iyong sariling kapalaran, isa ka pa rin bang nilikha? Sa madaling sabi, paano man gumagawa ang Diyos, ang lahat ng Kanyang gawain ay para sa kapakanan ng tao. Ipagpalagay, bilang halimbawa, ang kalangitan at lupa at ang lahat ng bagay na nilikha ng Diyos upang magsilbi sa tao: Ang buwan, ang araw, at ang mga bituin na ginawa Niya para sa tao, ang mga hayop at mga halaman, ang tagsibol, tag-araw, taglagas at taglamig, at iba pa—ang lahat ay ginagawa para sa kapakanan ng pag-iral ng tao. At kaya, paano Niya man kinakastigo at hinahatulan ang tao, ang lahat ng ito ay para sa kapakanan ng kaligtasan ng tao. Kahit na tinatanggal Niya sa tao ang kanyang makalamang mga inaasahan, ito ay para sa kapakanan ng pagdadalisay sa tao, at ang pagdadalisay sa tao ay ginagawa para manatili siyang buhay. Ang hantungan ng tao ay nasa mga kamay ng Lumikha, kaya paano makokontrol ng tao ang kanyang sarili?

Sa sandaling ang gawain ng panlulupig ay nakumpleto na, dadalhin ang tao sa isang magandang mundo. Siyempre, ang buhay na ito ay magiging nasa lupa pa rin, ngunit ito ay ganap na hindi magiging kagaya ng buhay ng tao sa ngayon. Ito ang buhay na tataglayin ng sangkatauhan matapos na ang buong sangkatauhan ay nalupig na, magiging bagong simula ito para sa tao sa lupa, at ang pagkakaroon ng sangkatauhan ng gayong buhay ay magiging katibayan na ang sangkatauhan ay nakapasok na sa isang bago at magandang dako. Ito ang magiging simula ng buhay ng tao at Diyos sa lupa. Ang saligan ng gayong kagandang buhay ay dapat na, matapos na ang tao ay nadalisay at nalupig, siya ay nagpapasakop sa harap ng Lumikha. At kaya, ang gawain ng panlulupig ay ang huling yugto ng gawain ng Diyos bago pumasok ang sangkatauhan sa kamanghamanghang hantungan. Ang gayong buhay ay ang buhay ng tao sa lupa sa hinaharap, ito ang pinakamagandang buhay sa lupa, ang uri ng buhay na kinasasabikan ng tao, ang uri na hindi pa kailanman nakamtan ng tao sa kasaysayan ng mundo. Ito ang huling kalalabasan ng 6,000 taon ng gawain ng pamamahala; ito ang lubhang kinasasabikan ng sangkatauhan, at ito rin ang pangako ng Diyos sa tao. Ngunit ang pangakong ito ay hindi kaagad mangyayari: Papasok lamang ang tao sa hantungan sa hinaharap sa sandaling natapos na ang gawain sa mga huling araw at siya ay ganap nang nalupig, iyon ay, sa sandaling ganap nang natalo si Satanas. Matapos mapino ang tao, mawawalan na siya ng makasalanang kalikasan pagkatapos, dahil nagapi na ng Diyos si Satanas, na nangangahulugan na hindi na makapanghihimasok ang mga puwersa ng kalaban, at wala nang mga puwersa ng kalaban na makakasalakay sa laman ng tao. At kaya magiging malaya at banal ang tao—siya ay nakapasok na sa kawalang-hanggan. Kapag ang mga palabang puwersa ng kadiliman ay naigapos na, saka pa lamang magiging malaya ang tao saan man siya magpunta, at wala na siyang magiging paghihimagsik o pagsalungat. Kailangan lamang maigapos si Satanas para maging maayos ang tao; ganito ang kasalukuyang sitwasyon dahil naghahasik pa rin si Satanas ng kaguluhan kahit saan sa lupa, at sapagkat hindi pa umaabot sa katapusan ang buong gawain ng pamamahala ng Diyos. Sa sandaling natalo na si Satanas, ang tao ay magiging lubos nang malaya; kapag natamo na ng tao ang Diyos at nakalabas na mula sa sakop ni Satanas, kanyang mapagmamasdan ang Araw ng katuwiran. Ang buhay na karapat-dapat sa normal na tao ay mababawi; lahat ng dapat mataglay ng isang normal na tao—kagaya ng kakayahan na talusin ang mabuti sa masama, at pagkaunawa kung paano kumain at damitan ang sarili, at ang kakayahan na mabuhay nang normal—ang lahat ng ito ay mababawi. Kung si Eba ay hindi natukso ng ahas, ang tao ay nagkaroon dapat ng ganoong normal na buhay pagkatapos siyang likhain noong pasimula. Siya dapat ay nakakain, nadamitan, at namuhay ng normal na buhay ng tao sa lupa. Ngunit pagkatapos na ang tao ay naging ubod ng sama, ang buhay na ito ay naging pangarap na lamang, at kahit ngayon hindi nagtatangka ang tao na guni-gunihin ang gayong mga bagay. Sa katunayan, itong magandang buhay na kinasasabikan ng tao ay isang pangangailangan: Kung ang tao ay walang gayong hantungan, ang kanyang buhay sa

lupa na ubod ng sama ay hindi kailanman titigil, at kung walang gayong kagandang buhay, hindi na magkakaroon ng konklusyon sa kapalaran ni Satanas o sa kapanahunan kung saan nasa kapamahalaan pa ni Satanas ang buong lupa. Kailangang makarating ang tao sa isang kinasasaklawan na hindi naaabot ng mga puwersa ng kadiliman, at kapag nagawa na niya iyon, patutunayan nito na natalo na si Satanas. Sa ganitong paraan, sa sandaling wala na ang panggugulo ni Satanas, ang Diyos Mismo ang kokontrol sa sangkatauhan, at Kanyang uutusan at kokontrolin ang buong buhay ng tao; saka lamang tunay nang natalo si Satanas. Ang buhay ng tao ngayon ay kalimitang buhay ng karumihan; isa pa rin itong buhay na puno ng pagdurusa at dalamhati. Hindi ito matatawag na pagkatalo ni Satanas; ang tao ay hindi pa nakakatakas mula sa dagat ng pagdurusa, hindi pa nakakatakas mula sa hirap ng buhay ng tao, o sa impluwensya ni Satanas, at siya ay may kakatiting pa rin lamang na pagkakilala sa Diyos. Ang lahat ng paghihirap ng tao ay gawa ni Satanas; si Satanas ang nagdala ng pagdurusa sa buhay ng tao, at pagkatapos lamang na maigapos si Satanas saka makakatakas nang lubos ang tao mula sa dagat ng pagdurusa. Ngunit ang pagkagapos ni Satanas ay nakakamit sa pamamagitan ng paglupig at pagkamit sa puso ng tao, sa pamamagitan ng pagturing sa tao bilang samsam sa digmaan laban kay Satanas.

Ngayon, ang pagsisikap ng tao na maging mananagumpay at magawang perpekto ang mga bagay na hinahangad niyang matamo bago siya magkaroon ng isang normal na buhay ng tao sa lupa, at ang mga layunin na hinahanap ng tao bago ang pagkagapos ni Satanas. Sa diwa, ang pagsisikap ng tao na maging mananagumpay at magawang perpekto, o magawang lubhang kapaki-pakinabang, ay upang makatakas sa impluwensya ni Satanas: Ang pagsisikap ng tao ay upang maging mananagumpay, ngunit ang huling kalalabasan ay ang kanyang pagtakas mula sa impluwensya ni Satanas. Sa pagtakas lamang mula sa impluwensya ni Satanas maaaring maisabuhay ng tao ang normal na buhay ng tao sa lupa, ang buhay ng pagsamba sa Diyos. Ngayon, ang paghahangad ng tao na maging mananagumpay at magawang perpekto ang mga bagay na hinahangad bago ang pagkakaroon ng normal na buhay ng tao sa lupa. Pangunahing hinahangad ang mga ito para sa kapakanan ng pagiging nalinis at pagsasagawa ng katotohanan, at upang sambahin ang Lumikha. Kung tinataglay ng tao ang isang normal na buhay ng tao sa lupa, isang buhay na walang paghihirap o dalamhati, ang tao ay hindi makikisali sa paghahangad na maging mananagumpay. Ang “maging mananagumpay” at “magawang perpekto” ang mga layunin na ibinibigay ng Diyos sa tao upang hangaring matamo, at sa pamamagitan ng paghahangad na matamo ang mga layuning ito na binibigyang-daan Niya ang tao na isagawa ang katotohanan at isabuhay ang isang makabuluhang buhay. Ang layunin ay ang gawing ganap ang tao at makamit siya, at ang paghahangad na maging mananagumpay at magawang perpekto ay isa lamang kaparaanan. Kung sa hinaharap ay pumasok ang tao sa kamangha-manghang hantungan, wala nang magiging pagbanggit sa pagiging mananagumpay at sa pagiging nagawang perpekto; magkakaroon na lamang ng pagganap sa kanyang tungkulin ang bawat

nilalang. Ngayon, ginagawa ang tao na hangaring matamo ang mga bagay na ito upang magtalaga lamang ng isang saklaw sa tao, nang sa gayon ang pagsusumikap ng tao ay maging mas tutok at praktikal. Kung hindi, mabubuhay ang tao sa malabong teorya lamang, at magsisikap na makapasok sa buhay na walang hanggan, at kung nagkaganoon nga, hindi ba magiging mas kaawa-awa pa ang tao? Ang magsumikap sa ganitong paraan, na walang mga mithiin o mga prinsipyo—hindi ba ito pandaraya sa sarili? Sa kahuli-hulihan, ang pagsusumikap na ito ay likas na magiging walang-bunga; sa katapusan, ang tao ay mamumuhay pa rin sa sakop ni Satanas at hindi makakayang alisin ang kanyang sarili mula rito. Bakit niya isasailalim ang kanyang sarili sa gayong walang-layon na pagsusumikap? Kapag pumasok na ang tao sa walang-hanggang hantungan, sasambahin ng tao ang Lumikha, at sapagkat natamo na ng tao ang kaligtasan at nakapasok na sa kawalang-hanggan, ang tao ay hindi na maghahangad ng anumang mga layunin, ni, higit pa rito, kailangan niyang mag-alala na siya ay lulusubin ni Satanas. Sa panahong ito, malalaman ng tao ang kanyang lugar, at gagampanan ang kanyang tungkulin, at kahit na hindi siya kinakastigo o hinahatulan, gagampanan ng bawat tao ang kanyang tungkulin. Sa panahong iyon, ang tao ay magiging isang nilikha kapwa sa pagkakakilanlan at sa katayuan. Wala nang magiging pagkakaiba ng mataas at mababa; ang bawat tao ay gaganap na lamang ng iba-ibang tungkulin. Ngunit ang tao ay mamumuhay pa rin sa isang maayos at angkop na hantungan ng sangkatauhan; gagampanan ng tao ang kanyang tungkulin para sa kapakanan ng pagsamba sa Lumikha, at ang sangkatauhang ito ang magiging sangkatauhan ng kawalang-hanggan. Sa panahong iyon, nagtamo na ang tao ng isang buhay na nililiwanagan ng Diyos, isang buhay na nasa pangangalaga at pag-iingat ng Diyos, isang buhay na kasama ang Diyos. Magkakaroon ang sangkatauhan ng isang normal na buhay sa lupa, at ang lahat ng tao ay papasok sa tamang landas. Lubos nang nagapi ng 6,000-taong plano ng pamamahala ng Diyos si Satanas, ibig sabihin nito’y nabawi na ng Diyos ang orihinal na larawan ng tao noong siya ay likhain, at sa gayon, ang orihinal na layunin ng Diyos ay natupad na. Sa simula, bago pa ginawang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan, namuhay ang sangkatauhan ng isang normal na buhay sa lupa. Kinalaunan, nang siya ay ginawang tiwali ni Satanas, naiwala ng tao ang normal na buhay na ito, at doon nag-umpisa ang gawain ng pamamahala ng Diyos, at ang pakikipagdigma kay Satanas upang bawiin ang normal na buhay ng tao. Sa pagtatapos lamang ng 6,000-taon na gawain ng pamamahala ng Diyos saka opisyal na magsisimula ang buhay ng buong sangkatauhan sa lupa; saka lamang magkakaroon ang tao ng kamangha-manghang buhay, at mababawi ng Diyos ang layunin sa paglikha sa tao noong pasimula, pati na ang orihinal na wangis ng tao. At kaya, sa sandaling magkaroon na ang tao ng normal na buhay ng sangkatauhan sa lupa, hindi na pagsusumikapan ng tao na maging mananagumpay o magawang perpekto, sapagkat ang tao ay magiging banal. Ang “mga mananagumpay” at ang “magawang perpekto” na binabanggit ng mga tao ang mga layuning ibinigay sa tao upang pagsikapan sa panahon ng labanan sa pagitan ng Diyos at ni Satanas, at umiiral

lamang ang mga iyon sapagkat nagawang tiwali ang tao. Sa pamamagitan ng pagbibigay sa iyo ng layunin, at pagsasanhi sa iyo na pagsikapan ang layunin na ito, na si Satanas ay matatalo. Ang paghingi sa iyo na maging isang mananagumpay o magawang perpekto o magamit ay nangangailangan sa iyo na magpatotoo upang hiyain si Satanas. Sa katapusan, maipamumuhay ng tao ang normal na buhay ng tao sa lupa, at ang tao ay magiging banal; kapag nangyari ito, hahangarin pa rin ba ng mga tao na maging mga mananagumpay? Hindi ba't silang lahat ay mga nilalang? Ang pagiging isang mananagumpay at isang nagawang perpekto ay parehong nakadirekta kay Satanas, at sa karumihan ng tao. Ito bang salitang "mananagumpay" ay hindi tumutukoy sa tagumpay laban kay Satanas at sa mga puwersa ng kalaban? Kapag sinasabi mo na ikaw ay nagawa nang perpekto, ano ang nagawa nang perpekto sa loob mo? Hindi ba't naalis mo na sa sarili mo ang tiwaling mala-satanas na disposisyon, upang makamit mo ang pinakadakilang pag-ibig sa Diyos? Ang mga gayong bagay ay sinasabi kaugnay ng maruruming bagay sa loob ng tao, at kaugnay kay Satanas; hindi sinasalita ang mga iyon kaugnay sa Diyos.

Kung hindi mo itinataguyod ang pagiging mananagumpay at pagiging ginagawang perpekto ngayon, kung gayon sa hinaharap, kapag ang sangkatauhan ay nabubuhay na nang normal sa lupa, wala nang magiging pagkakataon para sa gayong paghahabol. Sa panahong iyon, ang katapusan ng bawat uri ng tao ay nabunyag na. Sa panahong iyon, magiging malinaw kung anong uri ng bagay ka, at kung nagnanais kang maging mananagumpay o nagnanais na magawang perpekto, ito ay magiging imposible. Magiging ganoon lamang iyan dahil sa kanyang pagiging mapaghimagsik, ang tao ay mapaparusahan matapos niyang mabunyag. Sa panahong iyon, ang habol ng tao ay hindi na maging may mas mataas na kalagayan kaysa sa iba, para sa ilan ay upang maging mananagumpay at sa mga iba pa ay upang magawang perpekto, o para sa ilan ay upang maging mga panganay na anak ng Diyos at sa mga iba pa ay upang maging mga anak ng Diyos; hindi nila hahabulin ang mga bagay na ito. Ang lahat ay magiging mga nilalang ng Diyos, lahat ay maninirahan sa lupa, at lahat ay maninirahang kasama ng Diyos sa lupa. Ngayon ang panahon ng digmaan sa pagitan ng Diyos at ni Satanas, ito ay isang panahon kung saan ang digmaang ito ay hindi pa natatapos, isang panahon kung saan ang tao ay hindi pa lubos na natatamo; ito ay isang panahon ng paglipat. At kaya, ang tao ay kinakailangang maghabol na maging isang mananagumpay o maging isa sa bayan ng Diyos. Sa ngayon ay may mga pagkakaiba sa katayuan, ngunit sa pagdating ng panahon wala nang magiging gayong mga pagkakaiba: Ang katayuan ng lahat niyaong nagiging matagumpay ay magiging pare-pareho, silang lahat ay magiging mga karapat-dapat na kasapi ng sangkatauhan, at maninirahang magkakapantay sa lupa, ibig sabihin silang lahat ay magiging karapat-dapat na mga nilikhang nilalang, at ang katulad na ibinibigay sa kanila ay ibibigay sa lahat. Sapagkat ang mga kapanahunan ng gawain ng Diyos ay magkakaiba, at ang mga layon ng Kanyang gawain ay magkakaiba, kung ang gawaing ito ay ginagawa sa inyo, sa gayon ay karapat-dapat

kayo na magawang perpekto at maging mga mananagumpay; kung ito ay ginawa sa ibang bansa, kung gayon ang mga tao doon ay magiging karapat-dapat na maging unang grupo ng mga tao na malulupig, at ang unang grupo ng mga tao na magagawang perpekto. Sa kasalukuyan, ang gawaing ito ay hindi ginagawa sa ibang bansa, kaya ang mga tao sa ibang bansa ay hindi maaaring hirangin upang magawang perpekto at maging mga mananagumpay, at ito ay imposible para sa kanila na maging unang grupo. Sapagkat ang layon ng gawain ng Diyos ay iba, ang kapanahunan ng gawain ng Diyos ay iba, at ang saklaw nito ay iba, may unang grupo, iyon ay, mayroong mga mananagumpay, at magkakaroon din ng ikalawang grupo na ginagawang perpekto. Sa sandaling nagkakaroon ng unang grupo na nagagawang perpekto, magkakaroon ng isang tularan at uliran, at kaya sa hinaharap ay magkakaroon ng ikalawa at ikatlong grupo niyaong mga ginagawang perpekto, ngunit sa kawalang-hanggan silang lahat ay magkakapareho, at hindi magkakaroon ng pag-uuri sa katayuan. Sila lamang ay nagagawang perpekto sa iba't ibang mga panahon, at walang magiging mga kaibahan sa katayuan. Kapag sumasapit na ang panahon na ang bawat isa ay nagagawang ganap, at ang gawain sa buong sansinukob ay natatapos na, walang magiging mga pagkakaiba sa katayuan, at lahat ay magkakaroon ng magkakapantay na katayuan. Sa kasalukuyan, ang gawaing ito ay ginagawa sa gitna ninyo upang kayo ay maging mga mananagumpay. Kung ito ay ginawa sa Britanya, kung gayon ang Britanya ang magkakaroon ng unang grupo, sa kaparehong paraan na kayo ang magiging unang grupo. Iyon ay dahil lamang sa lalo kayong nabiyayaan sa paraan ng pagsasagawa ng gawaing iyon sa inyo ngayon, at kung hindi ginawa ang gawaing ito sa inyo, kung gayon, ay kayo naman ang magiging ikalawang grupo, o ang ikatlo, o ang ikaapat, o ang ikalima. Ito ay dahil lamang sa pagkakaiba sa pagkakaayos ng gawain; ang unang grupo at ang ikalawang grupo ay hindi nangangahulugan na ang isa ay mas mataas o mas mababa kaysa isa, ito ay nangangahulugan lamang ng pagkakasunud-sunod kung papaanong ang mga taong ito ay nagagawang perpekto. Sa kasalukuyan ang mga salitang ito ay ipinatatalastas sa inyo, ngunit bakit hindi kayo nasabihan nang mas maaga? Sapagkat, kung walang proseso, nakakagawian ng mga tao na bumaling sa pagmamalabis. Halimbawa, sinabi ni Jesus sa Kanyang panahon: “Ako ay umalis, kaya Ako ay darating.” Ngayon, marami ang nahuhumaling sa mga salitang ito, at ang gusto lamang nila ay ang magsuot ng mga puting balabal at maghintay sa pagdadala sa kanila sa langit. Kaya, maraming salita ang hindi masasabi nang masyadong maaga; kung ang mga ito ay sinabi nang masyadong maaga, ang tao ay babaling sa pagmamalabis. Ang tayog ng tao ay masyadong mababa, at wala siyang kakayahang aninagin ang katotohanan sa mga salitang ito.

Kapag nakakamit na ng tao ang tunay na buhay ng tao sa lupa at ang buong mga puwersa ni Satanas ay naigapos, ang tao ay mabubuhay nang walang hirap sa ibabaw ng lupa. Ang mga bagay-bagay ay hindi na magiging mahirap unawain gaya ng sa kasalukuyan: Mga relasyong pantao, mga relasyong panlipunan, masalimuot na relasyong pampamilya—nagdadala ang mga iyon ng napakaraming gulo, napakalubhang sakit!

Ang buhay ng tao rito ay masyadong miserable! Sa sandaling nalupig ang tao, ang kanyang puso at isipan ay magbabago: Magkakaroon siya ng pusong gumagalang at nagmamahal sa Diyos. Sa sandaling ang lahat niyaong nasa loob ng sansinukob na naghahanap na ibigin ang Diyos ay nalupig na, na ang ibig sabihin, sa sandaling natalo na si Satanas, at sa sandaling si Satanas—lahat ng puwersa ng kadiliman—ay naigapos na, kung gayon ang buhay ng tao sa lupa ay magiging hindi-maligalig, at makakapamuhay siya nang malaya sa ibabaw ng lupa. Kung ang buhay ng tao ay walang makalamang mga pakikipagrelasyon, at mga kasalimuotan ng laman, sa gayon ito ay magiging lalong napakadali. Ang mga kaugnayan ng laman ng tao ay masyadong magulo, at para sa tao ang magkaroon ng mga ganitong bagay ay patunay na hindi pa niya napapalaya ang kanyang sarili sa impluwensya ni Satanas. Kung ikaw ay nagkaroon ng kaparehong relasyon sa bawat isa sa iyong mga kapatid na lalaki at babae, kung ikaw ay nagkaroon ng kaparehong relasyon sa bawat miyembro ng iyong pamilya, kung gayon ay wala kang mga alalahanin, at hindi na kailangan pang mag-alala tungkol sa kaninuman. Wala nang magiging mas mabuti pa, at sa ganitong paraan gagaan nang kalahati ang pagdurusa ng tao. Namumuhay ng isang normal na buhay ng tao sa lupa, ang tao ay magiging katulad ng mga anghel; bagaman nasa laman pa rin, siya ay magiging tulad na tulad ng isang anghel. Ito ang panghuling pangako, ang huling pangakong ipinagkakaloob sa tao. Sa kasalukuyan ang tao ay sumasailalim sa pagkastigo at paghatol; iniisip mo ba na ang karanasan ng tao sa gayong mga bagay ay walang kabuluhan? Ang gawain ba ng pagkastigo at paghatol ay magagawa nang walang dahilan? Nasasabi na noong nakaraan na upang kastiguhin at hatulan ang tao ay ang ilalagay siya tungo sa walang-hanggang kalaliman, na ibig sabihin ay pag-aalis ng kanyang kapalaran at mga pagkakataon. Ito ay para sa kapakanan ng isang bagay: ang paglilinis sa tao. Ang tao ay hindi inilalagay sa walang-hanggang kalaliman nang sinasadya, at pagkatapos ay tinatalikuran siya ng Diyos. Sa halip, ito ay upang pakitunguhan ang pagiging mapanghimagsik sa loob ng tao, upang sa katapusan ang mga bagay na nasa loob ng tao ay maaaring malinis, upang maaaring magkaroon siya ng tunay na pagkakilala sa Diyos at maging gaya ng isang banal na tao. Kung ito ay nagagawa, kung gayon ang lahat ay matutupad. Sa katunayan, kapag yaong mga bagay sa loob ng tao na kailangang mapakitunguhan ay napakitunguhan, at ang tao ay matunog na nagpapatotoo, si Satanas ay matatalo rin, at kahit na mayroon pang kaunti sa mga bagay na iyon na dati nang nasa loob ng tao na hindi pa lubos na nalilinis, sa sandaling natalo si Satanas, hindi na ito magsasanhi ng gulo, at sa panahong iyon ang tao ay malilinis na nang lubos. Ang tao ay hindi pa kailanman nakakaranas ng gayong buhay, ngunit kapag natalo si Satanas, ang lahat ay maisasaayos at yaong mga walang kwentang bagay sa loob ng tao ay malulutas lahat; at sa sandaling yaong pangunahing suliranin ay nalutas, lahat ng iba pang gulo ay magwawakas. Sa panahon ng pagkakatawang-tao ng Diyos sa lupa, kapag Kanyang personal na ginagawa ang Kanyang gawain sa gitna ng tao, ang lahat ng gawain na Kanyang ginagawa ay upang talunin si Satanas, at tatalunin Niya si Satanas sa

pamamagitan ng paglupig sa tao at ginagawa kayong ganap. Kapag kayo ay matunog na nagpapatotoo, ito, rin, ay magiging palatandaan ng pagkatalo ni Satanas. Sa una ang tao ay nilulupig at sa kahuli-hulihan ay lubos na ginagawang perpekto upang talunin si Satanas. Sa diwa, gayunpaman, kasabay ng pagkatalo ni Satanas, ito rin ang pagliligtas ng buong sangkatauhan mula rito sa salat-sa-tubig na dagat ng dalamhati. Isinasakatuparan man ang gawaing ito sa buong sansinukob o sa Tsina, itong lahat ay upang talunin si Satanas at dalhin ang kaligtasan sa kabuuan ng sangkatauhan nang sa gayon ay maaaring pumasok ang tao sa dako ng kapahingahan. Ang nagkatawang-taong Diyos, itong normal na katawang-tao, ay talagang para sa kapakanan ng pagtalo kay Satanas. Ang gawain ng Diyos sa katawang-tao ay ginagamit upang magdala ng kaligtasan sa lahat niyaong nasa ilalim ng langit na umiibig sa Diyos, ito ay para sa kapakanan ng panlulupig sa buong sangkatauhan, at, higit pa rito, para sa kapakanan ng pagtalo kay Satanas. Ang ubod ng buong gawaing pamamahala ng Diyos ay hindi maihihiwalay mula sa pagkatalo ni Satanas upang dalhin ang kaligtasan sa lahat ng sangkatauhan. Bakit, sa dinami-dami nitong gawain, ay lagi na lamang may sinasabi sa kayo ay magpatotoo? At kanino patungkol ang patotoo na ito? Hindi ba ito nakadirekta kay Satanas? Ang patotoo na ito ay ginagawa sa Diyos, at ito ay ginagawa upang patotohanan na nakakamit na ang resulta ng gawain ng Diyos. Ang pagpapatotoo ay may kinalaman sa gawain ng pagtalo kay Satanas; kung wala ang pakikipagdigma kay Satanas, kung gayon ay hindi na kakailanganin sa tao na magpatotoo. Ito ay dahil kailangang matalo si Satanas kaya, kasabay ng pagliligtas sa tao, kinakailangan ng Diyos na magpatotoo sa Kanya ang tao sa harapan ni Satanas, na siyang ginagamit Niya upang iligtas ang tao at makipaglaban kay Satanas. Bilang resulta, ang tao ay parehong ang layon ng pagliligtas at isang kasangkapan sa pagkatalo ni Satanas, at kaya ang tao ay nasa sentro ng gawain ng kabuuang pamamahala ng Diyos, samantalang si Satanas ay ang layon lamang ng pagwasak, ang kalaban. Maaaring nararamdaman mo na wala kang nagagawa, ngunit dahil sa mga pagbabago sa iyong disposisyon, ang patotoo ay natataglay na, at ang patotoong ito ay nakatutok kay Satanas at hindi ginagawa para sa tao. Ang tao ay hindi angkop na magtamasa ng gayong patotoo. Papaano niya mauunawaan ang gawain na ginagawa ng Diyos? Ang layon ng laban ng Diyos ay si Satanas; ang tao, samantala, ay ang tanging layon ng pagliligtas. Ang tao ay may mga tiwaling mala-satanas na disposisyon, at walang kakayahan na maunawaan ang gawaing ito. Ito ay dahil sa pagtitiwali ni Satanas at hindi likas sa tao, kundi pinapatnubayan ni Satanas. Ngayon, ang pangunahing gawain ng Diyos ay upang talunin si Satanas, iyon ay, upang ganap na lupigin ang tao, nang sa gayon ang tao ay maaaring magtaglay ng huling patotoo sa Diyos sa harap ni Satanas. Sa ganitong paraan, ang lahat ng bagay ay matutupad. Sa maraming kaso, sa iyong mata lamang ay mukhang walang nagagawang anuman, ngunit sa katunayan, ang gawain ay natapos na. Kinakailangan ng tao na ang lahat ng gawain ng pagtatapos ay nakikita, ngunit nang hindi ito ipinakikita sa iyo, natatapos Ko na ang Aking gawain, dahil si Satanas ay

nagpasakop, na ang ibig sabihin ito ay lubos na natalo, na nadaig si Satanas ng lahat ng karunungan, kapangyarihan at awtoridad ng Diyos. Ito ang eksaktong patotoo na dapat mataglay, at bagaman wala itong malinaw na pagpapahayag sa tao, bagaman hindi ito nakikita ng mata lamang, si Satanas ay natalo na. Ang kabuuan ng gawaing ito ay nakatutok laban kay Satanas at isinasakatuparan dahil sa digmaan laban kay Satanas. At kaya, maraming bagay na hindi nakikita ng tao bilang nagtatagumpay, ngunit ito, sa mga mata ng Diyos, ay matagal nang matagumpay na natapos. Isa ito sa mga panloob na katotohanan tungkol sa lahat ng gawain ng Diyos.

Sa sandaling natalo na si Satanas, ibig sabihin, sa sandaling lubos na nalupig ang tao, sa gayon ay mauunawaan ng tao na ang lahat ng gawaing ito ay para sa kapakanan ng pagliligtas, at ang paraan ng pagliligtas na ito ay upang sunggaban ang mga tao mula sa mga kamay ni Satanas. Ang 6,000 taong gawain ng pamamahala ng Diyos ay nahahati sa tatlong yugto: ang Kapanahunan ng Kautusan, ang Kapanahunan ng Biyaya, at ang Kapanahunan ng Kaharian. Ang tatlong yugtong ito ng gawain ay para lahat sa kapakanan ng pagliligtas sa sangkatauhan, na ang ibig sabihin, ang mga iyon ay para sa pagliligtas sa sangkatauhan na labis na natiwali ni Satanas. Gayunpaman, kasabay nito, ang mga iyon ay para rin maaaring makagawa ang Diyos ng pakikipagdigma kay Satanas. Kaya, kung paanong ang gawain ng pagliligtas ay nahahati sa tatlong yugto, gayundin ang pakikipagdigma kay Satanas ay nahahati rin sa tatlong yugto, at ang dalawang aspetong ito ng gawain ng Diyos ay sabay na pinatatakbo. Ang pakikipagdigma kay Satanas ay talagang para sa kapakanan ng pagliligtas sa sangkatauhan, at dahil sa ang gawain ng pagliligtas sa sangkatauhan ay hindi isang bagay na matagumpay na natatapos sa iisang yugto, ang pakikipagdigma kay Satanas ay hinahati rin sa mga bahagi at yugto, at isinasagawa ang pakikipagdigma kay Satanas alinsunod sa mga pangangailangan ng tao at sa lawak ng pagtiwali ni Satanas sa kanya. Marahil, sa imahinasyon ng tao, siya ay naniniwala na sa digmaang ito ang Diyos ay gagamit ng mga sandata laban kay Satanas, kagaya ng paraan na ang dalawang hukbo ay maglalaban sa isa't isa. Ito lamang ang kayang guni-gunihin ng talino ng tao; ito ay isang sukdulang malabo at di-makatotohanang ideya, ngunit ito ang pinaniniwalaan ng tao. At dahil sinasabi Ko rito na ang paraan ng pagliligtas sa tao ay sa pamamagitan ng pakikipagdigma kay Satanas, iniisip ng tao na sa ganitong paraan isasagawa ang pakikipagdigma. May tatlong yugto sa gawain ng pagliligtas sa tao, na ang ibig sabihin na ang pakikipagdigma kay Satanas ay hinati sa tatlong yugto upang minsanan at ganap nang magapi si Satanas. Ngunit ang katotohanang nakapaloob sa buong gawain ng pakikipagdigma kay Satanas ay yaong ang mga epekto nito ay natatamo sa pamamagitan ng ilang hakbang ng gawain: pagkakaloob ng biyaya sa tao, pagiging handog sa kasalanan ng tao, pagpapatawad sa mga kasalanan ng tao, paglupig sa tao, at paggawang perpekto sa tao. Bilang katunayan, ang pakikipagdigma kay Satanas ay hindi ang paggamit ng mga armas laban kay Satanas, kundi ang pagliligtas sa tao, ang paggawa sa buhay ng tao, at ang pagbabago sa disposisyon ng tao upang siya ay

maaaring magtaglay ng patotoo sa Diyos. Ganito kung paano natatalo si Satanang. Si Satanang ay natatalo sa pamamagitan ng pagbabago sa tiwaling disposisyon ng tao. Kapag natalo na si Satanang, iyan ay, kapag ang tao ay lubos nang naligtas, sa gayon ang napahiyang si Satanang ay tuluyan nang magagapos, at sa ganitong paraan, ang tao ay ganap nang naligtas. Kaya, ang diwa ng pagliligtas sa tao ay ang digmaan laban kay Satanang, at ang digmaang ito ay unang-unang nasasalamín sa pagliligtas sa tao. Ang yugto ng mga huling araw, kung saan malulupig ang tao, ay ang huling yugto sa pakikipagdigma kay Satanang, at ito rin ang gawain ng ganap na pagliligtas sa tao mula sa sakop ni Satanang. Ang panloob na kahulugan ng paglupig sa tao ay ang pagbabalik ng pagsasakatawan ni Satanang—ang tao na nagawang tiwali ni Satanang—sa Lumikha kasunod ng paglupig sa kanya, kung saan sa pamamagitan nito ay tatalikdan niya si Satanang at lubusang magbabalik sa Diyos. Sa ganitong paraan, ang tao ay ganap nang naligtas. At kaya, ang gawain ng panlulupig ay ang huling gawain sa digmaan laban kay Satanang at ang huling yugto sa pamamahala ng Diyos para sa kapakanan ng pagtalo kay Satanang. Kung wala ang gawaing ito, ang lubos na kaligtasan ng tao sa kahulihulihan ay magiging imposible, ang ganap na pagkatalo ni Satanang ay magiging imposible rin, at ang sangkatauhan ay hindi kailanman makakapasok sa kamanghamanghang hantungan, o makakalaya sa impluwensya ni Satanang. Dahil dito, ang gawain ng pagliligtas sa tao ay hindi matatapos bago ang pakikipagdigma kay Satanang ay natatapos, sapagkat ang ubod ng gawain ng pamamahala ng Diyos ay para sa kapakanan ng pagliligtas sa tao. Ang pinakaunang sangkatauhan ay nasa mga kamay ng Diyos, ngunit dahil sa panunukso at pagtiwali ni Satanang, ang tao ay naigapos ni Satanang at nahulog sa mga kamay ng masama. Kaya, si Satanang ay naging ang layon na tatalunin sa gawain ng pamamahala ng Diyos. Sapagkat ang tao ay inangkin ni Satanang, at dahil ang tao ang puhunan na ginagamit ng Diyos upang isakatuparan ang buong pamamahala, kung ililigtas ang tao, kung gayon ay kailangang maagaw siya mula sa mga kamay ni Satanang, ibig sabihin na ang tao ay kailangang mabawi pagkatapos ng pagkabihag ni Satanang. Sa gayon, kailangang matalo si Satanang sa pamamagitan ng mga pagbabago sa dating disposisyon ng tao, mga pagbabagong magpapanumbalik sa orihinal na katinuan at katwiran ng tao. Sa ganitong paraan, ang tao, na nabihag, ay maaagaw pang muli mula sa mga kamay ni Satanang. Kung napapalaya ang tao mula sa impluwensya at pagkagapos ni Satanang, sa gayon ay mapapahiya si Satanang, ang tao sa kahulihulihan ay mababawi, at si Satanang ay magagapi. At dahil ang tao ay napalaya mula sa madilim na impluwensya ni Satanang, ang tao ang magiging samsam ng kabuoang labanang ito, at si Satanang ay magiging ang layon na parurusahan sa sandaling natapos ang labanan, kung saan pagkatapos nito ang kabuuang gawain ng pagliligtas sa sangkatauhan ay makukumpleto na.

Ang Diyos ay hindi nagkikimkim ng masamang hangarin tungo sa mga nilalang; nagnanais lamang Siya na gapiin si Satanang. Lahat ng Kanyang gawain—maging ito man ay pagkastigo o paghatol—ay nakatutok kay Satanang; ito ay isinasakatuparan para

sa kapakanan ng kaligtasan ng sangkatauhan, lahat ito ay upang gapiin si Satanas, at ito ay may isang layunin: ang makipagdigma kay Satanas hanggang sa katapusan! Ang Diyos ay hindi kailanman magpapahinga hangga't hindi Siya nagwawagi kay Satanas! Siya ay magpapahinga lamang sa sandaling natalo na Niya si Satanas. Sapagkat ang lahat ng gawain na ginagawa ng Diyos ay nakatutok kay Satanas, at dahil sa ang lahat ng nagawang tiwali ni Satanas ay nasa ilalim ng kontrol ng sakop ni Satanas at namumuhay lahat sa ilalim ng sakop ni Satanas, kung walang pakikipagdigma laban kay Satanas at pakikipaghiwalay rito, hindi maglulubay si Satanas sa paghawak nito sa mga taong ito, at hindi sila matatamo. Kung hindi sila natamo, patutunayan nito na si Satanas ay hindi pa natatalo, na ito ay hindi pa nadadaig. At kaya, sa 6,000-taong plano ng pamamahala ng Diyos, noong unang yugto ginawa Niya ang gawain ng kautusan, noong ikalawang yugto ginawa Niya ang gawain ng Kapanahunan ng Biyaya, iyon ay, ang gawain ng pagpapapako sa krus, at sa panahon ng ikatlong yugto ginagawa Niya ang gawain ng panlulupig sa sangkatauhan. Ang lahat ng gawaing ito ay nakatutok sa lawak ng pagtitiwali ni Satanas sa sangkatauhan, ang lahat ng ito ay upang talunin si Satanas, at bawat isa sa mga yugto ay alang-alang sa paggapi kay Satanas. Ang diwa ng 6,000-taong gawain ng pamamahala ng Diyos ay ang digmaan laban sa malaking pulang dragon, at ang gawain ng pamamahala sa sangkatauhan ay ang gawain din ng pagtalo kay Satanas, ang gawain ng pakikipagdigma kay Satanas. Nakipagdigma ang Diyos sa loob ng 6,000 taon, at sa gayon ay gumawa sa loob ng 6,000 taon upang sa kahulihulihan ay dalhin ang tao tungo sa bagong kinasasaklawan. Kapag si Satanas ay natalo, ang tao ay magiging ganap nang napalaya. Hindi ba ito ang pinatutunguhan ng gawain ng Diyos ngayon? Ito ang eksaktong pinatutunguhan ng gawain sa ngayon: ang lubos na pagpapalaya at pagpapakawala sa tao, at nang hindi na siya sakop ng anumang patakaran, ni nalilimitahan ng anumang mga gapos o mga pagbabawal. Lahat ng gawaing ito ay ginagawa alinsunod sa inyong tayog at alinsunod sa inyong mga pangangailangan, ibig sabihin na kayo ay pinagkakalooban ng kung anuman ang inyong matutupad. Hindi ito kaso ng “pagtataboy sa isang pato sa dapuan,” ng paggigiit ng anuman sa inyo; sa halip, ang lahat ng gawaing ito ay isinasakatuparan alinsunod sa inyong aktuwal na mga pangangailangan. Ang bawat yugto ng gawain ay isinasakatuparan alinsunod sa totoong mga pangangailangan at kinakailangan ng tao; bawat yugto ng gawain ay alang-alang sa paggapi kay Satanas. Sa katunayan, sa pasimula ay walang mga hadlang sa pagitan ng Lumikha at ng Kanyang mga nilikha. Lahat ng mga balakid na ito ay dulot ni Satanas. Ang tao ay nawalan na ng kakayahang makita o mahipo ang anuman dahil sa panggugulo at pagtitiwali ni Satanas sa kanya. Ang biktima ay ang tao, ang siyang nalililang. Sa sandaling nagapi na si Satanas, mamamasdan ng mga nilikha ang Lumikha, at titingnan ng Lumikha ang mga nilikhang nilalang at magagawang personal na akayin sila. Ito lamang ang dapat na maging buhay ng tao sa lupa. At kaya, ang gawain ng Diyos una sa lahat ay upang talunin si Satanas, at sa sandaling natalo na si Satanas, ang lahat ay malulutas. Ngayon, nakikita mo na hindi payak na bagay para sa Diyos na dumating sa

gitna ng tao. Hindi Siya dumating upang gugulin ang bawat araw sa paghahanap ng mali sa inyo, upang sabihin ang ganito at ganoon, o para lamang hayaan kayong makita kung ano ang Kanyang itsura at kung paano Siya nagsasalita at namumuhay. Ang Diyos ay hindi naging katawang-tao para lamang hayaan kayo na tingnan Siya o upang buksan ang inyong mga mata, o upang hayaan kayo na marinig ang mga misteryo na Kanyang sinalita at ang pitong tatak na Kanyang nabuksan. Sa halip, Siya ay naging katawang-tao upang talunin si Satanas. Personal Siyang dumating sa gitna ng tao sa katawang-tao upang iligtas ang tao at makipagdigma kay Satanas; ito ang kabuluhan ng Kanyang pagkakatawang-tao. Kung ito ay hindi upang talunin si Satanas, kung gayon Hindi Niya personal na gagawin ang gawaing ito. Ang Diyos ay pumarito sa lupa upang gawin ang Kanyang gawain sa gitna ng tao, upang personal na ibunyag sa tao ang Sarili Niya, at tulutan ang tao na mapagmasdan Siya; ito ba ay maliit na bagay? Ito ay tunay na hindi payak! Hindi ito gaya ng iniisip ng tao: na ang Diyos ay dumating nang sa gayon ay makita Siya ng tao, nang sa gayon ay maaaring maunawaan ng tao na ang Diyos ay tunay at hindi malabo o hungkag, at na ang Diyos ay mataas ngunit mapagkumbaba rin. Ganoon lang kaya ito kasimple? Tiyak na dahil natiwali na ni Satanas ang laman ng tao, at ang tao ang siyang hinahangad iligtas ng Diyos, kaya kailangang magkatawang-tao ang Diyos upang makipagdigma kay Satanas at upang personal na akayin ang tao. Ito lamang ang kapaki-pakinabang sa Kanyang gawain. Ang dalawang katawang-tao ng Diyos ay umiral upang talunin si Satanas, at upang higit na mabisang iligtas ang tao. Iyon ay dahil ang siyang nakakagawa ng pakikipagdigma kay Satanas ay ang Diyos lamang, maging ito man ay ang Espiritu ng Diyos o ang katawang-tao ng Diyos. Sa madaling salita, hindi mangyayari na ang mga anghel ang magsasagawa ng pakikipagdigma kay Satanas, lalong hindi ito ang tao, na nagawa nang tiwali ni Satanas. Walang kapangyarihan ang mga anghel na lumaban sa labanang ito, at ang tao ay lalo pang mas inutil. Sa gayon, kung ninanais ng Diyos na gawaan ang buhay ng tao, kung ninanais Niyang personal na pumunta sa lupa upang iligtas ang tao, kung gayon ay kailangan Niyang personal na maging katawang-tao—iyon ay, kailangan Niyang personal na maging katawang-tao, at taglay ang Kanyang likas na pagkakakilanlan at ang gawain na kailangan Niyang gawin, pumunta sa gitna ng tao at personal na iligtas ang tao. Kung hindi, kung ang Espiritu ng Diyos o ang tao ang gumawa ng gawaing ito, kung gayon ay walang mangyayari kailanman sa labanang ito, at hindi ito matatapos kailanman. Tanging kapag ang Diyos ay nagiging katawang-tao upang personal na makipagdigma laban kay Satanas sa gitna ng tao na nagkakaroon ng pagkakataon ang tao sa kaligtasan. Bilang karagdagan, sa gayon lamang napapahiya si Satanas at naiwang walang anumang mga pagkakataon na sasamantalain o anumang mga plano na isasakatuparan. Ang gawain na ginagawa ng Diyos na nagkatawang-tao ay dinakakamit ng Espiritu ng Diyos, at lalo pang magiging imposible para sa sinumang makalamang tao na gawin ito sa ngalan ng Diyos, sapagkat ang gawain na Kanyang ginagawa ay para sa kapakanan ng buhay ng tao, at upang baguhin ang tiwaling

disposisyon ng tao. Kung ang tao ay makikisali sa digmaang ito, tatakas lamang siya sa kahabag-habag na kaguluhan, at magiging walang kakayahan man lamang na baguhin ang kanyang tiwaling disposisyon. Hindi niya kakayaning iligtas ang tao mula sa krus, o lupigin ang lahat ng mapaghimagsik na sangkatauhan, kundi makakaya lamang niyang gumawa ng kaunting lumang gawain na hindi lumalampas sa mga prinsipyo, o kaya ay anupamang gawain na walang kaugnayan sa pagkatalo ni Satanas. Kaya bakit mag-aabala? Ano ang kabuluhan ng gawain na hindi nakakatamo sa tao, lalong hindi nakakatalo kay Satanas? At kaya, ang digmaan laban kay Satanas ay maisasakatuparan lamang ng Diyos Mismo, at magiging imposible na lamang para sa tao na gawin ito. Ang tungkulin ng tao ay tumalima at sumunod, sapagkat hindi kayang gawin ng tao ang gawaing katulad ng paggawa ng kalangitan at lupa, ni, higit pa rito, naisasakatuparan niya ang gawain ng pakikipagdigma kay Satanas. Mapapasaya lamang ng tao ang Lumikha sa ilalim ng pangunguna ng Diyos Mismo, kung saan sa pamamagitan nito ay natatalo si Satanas; ito lamang ang isang bagay na magagawa ng tao. At kaya, sa tuwing nagsisimula ang isang bagong digmaan, na ang ibig sabihin, sa tuwing nagsisimula ang gawain ng isang bagong kapanahunan, ang gawaing ito ay personal na ginagawa ng Diyos Mismo, kung saan sa pamamagitan nito ay pinangungunahan Niya ang buong kapanahunan at nagbubukas ng isang bagong landas para sa kabuuan ng sangkatauhan. Ang buwang-liwayway ng bawat isang bagong kapanahunan ay isang bagong simula sa pakikipagdigma kay Satanas, kung saan sa pamamagitan nito pumapasok ang tao sa mas bago, mas magandang kinasasaklawan, at isang bagong kapanahunan na personal na pinangungunahan ng Diyos Mismo. Ang tao ang panginoon ng lahat ng bagay, ngunit yaong mga natatamo ay magiging mga bunga ng lahat ng digmaan laban kay Satanas. Si Satanas ang tagapagtiwali ng lahat ng bagay, ito ang nagapi sa katapusan ng lahat ng digmaan, at siya ring maparurusahan kasunod ng mga digmaang ito. Sa gitna ng Diyos, ng tao at ni Satanas, tanging si Satanas ang isang kamumuhian at tatanggihan. Yaong mga natamo ni Satanas ngunit mga hindi nabawing muli ng Diyos, samantala, ay nagiging silang mga makakatanggap ng kaparusahan sa ngalan ni Satanas. Sa tatlong ito, tanging ang Diyos ang dapat sambahin ng lahat ng bagay. Yaong mga natiwali ni Satanas subalit mga nabawing muli ng Diyos at mga sumusunod sa daan ng Diyos, samantala, ay nagiging sila na makakatanggap ng pangako ng Diyos at hahatol sa masasama para sa Diyos. Ang Diyos ay tiyak na magiging matagumpay at tiyak na matatalo si Satanas, ngunit sa gitna ng tao ay mayroong mga mananalo at mayroong mga matatalo. Yaong mga mananalo ay mapapabilang sa mga mananagumpay, at yaong mga matatalo ay mapapabilang sa mga talunan; ito ang pagbubukod-bukod ng bawat isa ayon sa uri, ito ang huling pagwawakas ng buong gawain ng Diyos. Ito rin ang layunin ng buong gawain ng Diyos, at hindi ito kailanman magbabago. Ang ubod ng pangunahing gawain sa plano ng pamamahala ng Diyos ay nakatuon sa kaligtasan ng tao, at ang Diyos ay naging katawang-tao para sa kapakanan unang-una ng ubod na ito, para sa kapakanan ng gawaing ito, at upang talunin si Satanas. Ang unang pagkakataon

na naging katawang-tao ang Diyos ay dahil din upang talunin si Satanas: Personal Siyang naging katawang-tao, at personal Siyang ipinako sa krus, upang kumpletuhin ang gawain ng unang digmaan, na siyang gawain para sa pagtutubos sa sangkatauhan. Gayundin, ang yugtong ito ng gawain ay personal ding ginagawa ng Diyos, na nagiging katawang-tao upang gawin ang Kanyang gawain sa gitna ng tao, upang personal na sabihin ang Kanyang salita at tulutan ang tao na makita Siya. Mangyari pa, hindi maiiwasan na gumagawa rin Siya ng ilang ibang gawain kasabay niyon, ngunit ang pangunahing dahilan kung kaya personal Niyang isinasakatuparan ang Kanyang gawain ay upang talunin si Satanas, upang lupigin ang kabuuan ng sangkatauhan, at upang tamuhin ang mga taong ito. Kaya, ang gawain ng pagkakatawang-tao ng Diyos ay tunay na hindi payak. Kung ang Kanyang layunin ay upang ipakita lamang sa tao na ang Diyos ay mapagpakumbaba at nakatago at na ang Diyos ay tunay, kung ito ay para lamang sa kapakanan ng paggawa ng gawaing ito, kung gayon ay hindi na kakailanganin pa na maging katawang-tao. Kahit pa hindi naging katawang-tao ang Diyos, maibubunyag Niya ang Kanyang pagpapakumbaba at pagkatago, ang Kanyang kadakilaan at kabanalan, sa tao nang tuwiran, ngunit ang gayong mga bagay ay walang kinalaman sa gawain ng pamamahala sa tao. Ang mga iyon ay walang kakayahan na iligtas ang tao o gawin siyang ganap, lalong hindi natatalo ng mga iyon si Satanas. Kung ang pagtalo kay Satanas ay kinapapalooban lamang ng pakikipaglaban ng Espiritu laban sa isang espiritu, kung gayon ang ganoong gawain ay magkakaroon nang higit pang mas mababang halagang praktikal; wala itong kakayahang tamuhin ang tao at wawasakin ang kapalaran at mga pagkakataon ng tao. Dahil dito, ang gawain ng Diyos sa kasalukuyan ay may malalim na kabuluhan. Ito ay hindi lamang upang maaaring makita Siya ng tao, o kaya ay upang maaaring mabuksan ang mga mata ng tao, o upang pagkalooban siya ng kaunting pandamdang ng pakiramdam ng pagkatinag at paghimok; ang gayong gawain ay walang kabuluhan. Kung makakapagsalita ka lamang tungkol sa ganitong uri ng kaalaman, kung gayon ay pinatutunayan nito na hindi mo alam ang tunay na kabuluhan ng pagkakatawang-tao ng Diyos.

Ang gawain ng buong plano ng pamamahala ng Diyos ay personal na ginagawa ng Diyos Mismo. Ang unang yugto—ang paglikha ng mundo—ay personal na ginawa ng Diyos Mismo, at kung hindi nangyari ito, walang sinumang may kakayahang likhain ang sangkatauhan; ang ikalawang yugto ay ang pagtubos sa buong sangkatauhan, at ito ay personal ding ginawa ng Diyos Mismo; ang ikatlong yugto ay malinaw: Mas malaki ang pangangailangan na ang Diyos Mismo ang tumapos sa Kanyang buong gawain. Ang gawain ng pagtubos, panlulupig, pagtamo, at pagpeperpekto sa buong sangkatauhan ay personal na isinasakatuparang lahat ng Diyos Mismo. Kung hindi Niya personal na ginawa ang gawaing ito, kung gayon ang Kanyang pagkakakilanlan ay hindi makakatawan ng tao, o magagawa ng tao ang Kanyang gawain. Upang talunin si Satanas, upang makamit ang sangkatauhan, at upang bigyan ang tao ng isang normal na buhay sa lupa, personal Niyang pinangungunahan ang tao at personal na gumagawa sa gitna ng tao;

para sa kapakanan ng Kanyang buong plano ng pamamahala, at para sa lahat ng Kanyang gawain, kailangang personal Niyang gawin ang gawaing ito. Kung naniniwala lamang ang tao na ang Diyos ay dumating upang makita Siya ng tao, para mapasaya ang tao, kung gayon ang ganoong mga paniniwala ay walang halaga, walang kabuluhan. Ang pagkaunawa ng tao ay napakababaw! Sa pamamagitan lamang ng pagsasakatuparan ng gawaing ito Niya Mismo na magagawa ng Diyos ang gawaing ito nang lubusan at kumpleto. Walang kakayahan ang tao na gawin ito sa ngalan ng Diyos. Dahil hindi niya taglay ang pagkakakilanlan ng Diyos o ang Kanyang diwa, wala siyang kakayahang gawin ang gawain ng Diyos, at kahit ginawa pa ito ng tao, hindi ito magkakaroon ng anumang epekto. Ang unang pagkakataon na naging katawang-tao ang Diyos ay para sa kapakanan ng pagtubos, upang tubusin ang buong sangkatauhan mula sa kasalanan, upang bigyang-kakayahan ang tao na maging malinis at mapatawad sa kanyang mga kasalanan. Ang gawain ng panlulupig ay personal ding ginagawa ng Diyos sa gitna ng tao. Kung, sa panahon ng yugtong ito, magsasalita lamang ang Diyos ng propesiya, kung gayon ang isang propeta o sinumang mayroong kaloob ay maaaring matagpuan upang halinhinan Siya; kung propesiya lamang ang sinasalita, kung gayon makakahalili ang tao sa Diyos. Ngunit kung susubukan ng tao na personal na gawin ang gawain ng Diyos Mismo at susubukang gawin ang buhay ng tao, magiging imposible para sa kanya na gawin ang gawaing ito. Ito ay kailangang personal na gawin ng Diyos Mismo: kailangang personal na maging katawang-tao ang Diyos upang gawin ang gawaing ito. Sa Kapanahunan ng Salita, kung propesiya lamang ang sinalita, kung gayon si Isaias o Elias na propeta ay maaaring masumpungan upang gawin ang gawaing ito, at hindi na kakailanganin na personal itong gawin ng Diyos Mismo. Dahil ang gawain na ginagawa sa yugtong ito ay hindi basta pagsasalita ng propesiya, at dahil higit na mahalaga na ang gawain ng mga salita ay ginagamit upang lupigin ang tao at talunin si Satanas, ang gawaing ito ay hindi magagawa ng tao, at kailangang personal na gawin ng Diyos Mismo. Sa Kapanahunan ng Kautusan ginawa ni Jehova ang bahagi ng Kanyang gawain, pagkatapos nito ay nagsalita Siya ng ilang salita at gumawa ng ilang gawain sa pamamagitan ng mga propeta. Iyon ay dahil maaaring humalili ang tao kay Jehova sa Kanyang gawain, at mahuhulaan ng mga manghuhula ang mga bagay-bagay at makapagbibigay-kahulugan sa ilang panaginip sa Kanyang ngalan. Ang gawain na ginagawa noong pasimula ay hindi ang gawain ng tuwirang pagbabago sa disposisyon ng tao, at walang kinalaman sa kasalanan ng tao, at ang tao ay kinailangan lamang na sumunod sa kautusan. Kaya si Jehova ay hindi naging katawang-tao at hindi ibinunyag ang Sarili Niya sa tao; sa halip Siya ay nagsalita nang tuwiran kay Moises at sa iba pa, pinagsalita sila at pinagawa sa Kanyang ngalan, at nagsanhi sa kanila upang tuwirang gumawa sa gitna ng sangkatauhan. Ang unang yugto ng gawain ng Diyos ay ang pangunguna sa tao. Ito ang simula ng pakikidigma laban kay Satanas, ngunit ang digmaang ito ay hindi pa opisyal na nagsisimula. Ang opisyal na pakikipagdigma laban kay Satanas ay nagsimula sa unang pagkakatawang-tao ng Diyos, at ito ay nagpapatuloy

hanggang sa kasalukuyan. Ang unang labanan ng digmaang ito ay nang ang Diyos na nagkatawang-tao ay ipinako sa krus. Ang pagpapako sa krus ng Diyos na nagkatawang-tao ay tinalo si Satanas, at ito ang unang matagumpay na yugto sa digmaan. Nang magsimula ang Diyos na nagkatawang-tao na tuwirang gumawa sa buhay ng tao, ito ang opisyal na pagsisimula ng gawain ng pagbawi sa tao, at dahil ito ang gawain ng pagbabago ng dating disposisyon ng tao, ito ang gawain ng pakikipagdigma kay Satanas. Ang yugto ng gawaing ginawa ni Jehova noong pasimula ay ang pangunguna lamang sa buhay ng tao sa lupa. Ito ang simula ng gawain ng Diyos, at bagaman hindi pa nakapaloob dito ang anumang digmaan, o anumang pangunahing gawain, inilatag nito ang saligan para sa digmaang darating. Kinalaunan, ang ikalawang yugto ng gawain noong Kapanahunan ng Biyaya ay kinapalooban ng pagpapabago sa dating disposisyon ng tao, ibig sabihin ang Diyos Mismo ang pumanday sa buhay ng tao. Ito ay kinailangang personal na gawin ng Diyos: Kinailangan nito na personal na maging katawang-tao ang Diyos. Kung hindi Siya naging katawang-tao, walang sinuman ang makapapalit sa Kanya sa yugtong ito ng gawain, dahil kinatawan nito ang gawain ng tuwirang pakikipagdigma laban kay Satanas. Kung nagawa ng tao ang gawaing ito para sa Diyos, nang tumayo ang tao sa harapan ni Satanas, hindi sana nagpasakop si Satanas at naging imposible sanang talunin ito. Kinailangan na ang Diyos na nagkatawang-tao ang pumarito upang talunin ito, sapagkat ang diwa ng Diyos na nagkatawang-tao ay Diyos pa rin, Siya pa rin ang buhay ng tao, at Siya pa rin ang Lumikha; anuman ang mangyari, ang Kanyang pagkakakilanlan at diwa ay hindi magbabago. Kaya nga, nag-anyo Siya ng katawang-tao at ginawa ang gawain upang ganap na magpasakop si Satanas. Sa panahon ng yugto ng gawain ng mga huling araw, kung ang tao ang gagawa ng gawaing ito at papapagsalitain nang tuwiran sa mga salita, kung gayon ay hindi niya magagawang salitain ang mga iyon, at kung propesiya ang sinalita, kung gayon ay wala kakayahan ang propesiyang ito na malupig ang tao. Sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao, dumarating ang Diyos upang talunin si Satanas at ganap na magpasakop ito. Kapag lubos Niyang tinalo si Satanas, ganap na nilupig ang tao, at ganap na nakamit ang tao, ang yugtong ito ng gawain ay matatapos at makakamit ang tagumpay. Sa pamamahala ng Diyos, hindi makakahalili ang tao sa Diyos. Sa partikular, ang gawain ng pangunguna sa kapanahunan at paglulunsad ng bagong gawain ay higit pang nangangailangan ng pagiging personal na ginagawa ng Diyos Mismo. Ang pagbibigay sa tao ng pahayag at pagkakaloob sa kanya ng propesiya ay magagawa ng tao, ngunit kung ito ay gawain na kailangang personal na gawin ng Diyos, ang gawain ng digmaan sa pagitan ng Diyos Mismo at ni Satanas, kung gayon ang ganitong gawain ay hindi magagawa ng tao. Noong unang yugto ng gawain, nang wala pang digmaan laban kay Satanas, personal na pinangunahan ni Jehova ang mga tao ng Israel gamit ang propesiyang sinalita ng mga propeta. Pagkatapos, ang ikalawang yugto ng gawain ay ang digmaan laban kay Satanas, at personal na naging katawang-tao ang Diyos Mismo, at naging katawang-tao upang gawin ang gawaing ito. Anumang kinasasangkutan ng pakikidigma laban kay

Satanas ay kinasasangkutan din ng pagkakatawang-tao ng Diyos, nangangahulugan na ang pakikipagdigmang ito ay hindi magagawa ng tao. Kung ang tao ang makikipagdigma, hindi niya makakayang talunin si Satanas. Paano siyang magkakaroon ng lakas na makipaglaban dito habang nasa ilalim pa rin ng sakop nito? Ang tao ay nasa gitna: Kung ikaw ay hihilig tungo kay Satanas, kung gayon ay pag-aari ka ni Satanas, ngunit kung iyong napapalugod ang Diyos, kung gayon ay pag-aari ka ng Diyos. Kung ang tao ay susubok at hahalili sa Diyos sa gawain ng digmaang ito, makakaya ba niya? Kung ginawa niya, hindi ba matagal na sana siyang napahamak? Hindi ba matagal na sana siyang nakapasok sa mundo sa ibaba? Kaya, hindi kayang palitan ng tao ang Diyos sa Kanyang gawain, na ang ibig sabihin ay hindi taglay ng tao ang diwa ng Diyos, at kung ikaw ay nakipagdigma kay Satanas hindi mo kakayaning talunin ito. Nakakagawa lamang ng ilang gawain ang tao; makakahalina lamang siya ng ilang tao, ngunit hindi siya makakahalili sa Diyos sa gawain ng Diyos Mismo. Paano makikipagdigma ang tao laban kay Satanas? Ikaw ay kukuning bihag ni Satanas bago ka pa man magsimula. Tanging kapag ang Diyos Mismo ang nakikipagdigma kay Satanas at ang tao ay sumusunod at tumatalima sa Diyos sa batayang ito, makakamit ng Diyos ang tao at makakatakas sa pagkakagapos kay Satanas. Masyadong limitado ang mga bagay na makakamtan ng tao gamit ang kanyang karunungan at mga kakayahan; hindi niya kayang gawing ganap ang tao, pangunahan siya, at, higit pa rito, talunin si Satanas. Hindi kaya ng talino at karunungan ng tao na hadlangan ang mga pakana ni Satanas, kaya papaano makikipagdigma ang tao rito?

Lahat niyaong nagnanais na magawang perpekto ay mayroong pagkakataon na magawang perpekto, kaya ang lahat ay kailangang huminahon: Sa hinaharap papasok kayong lahat sa hantungan. Ngunit kung ayaw mong magawang perpekto, at ayaw mong pumasok sa kamangha-manghang kinasasaklawan, kung gayon sarili mo nang suliranin iyon. Lahat niyaong nagnanais na magawang perpekto at tapat sa Diyos, lahat niyaong sumusunod, at lahat niyaong tumutupad nang tapat sa kanilang tungkulin—lahat ng gayong mga tao ay magagawang perpekto. Ngayon, lahat niyaong hindi gumaganap nang tapat sa kanilang tungkulin, lahat niyaong hindi tapat sa Diyos, lahat niyaong hindi nagpapasakop sa Diyos, lalo na yaong mga nakakatanggap ng kaliwanagan at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu ngunit hindi naman isinasagawa ito—ang lahat ng gayong mga tao ay hindi nakakayang magawang perpekto. Lahat niyaong nagnanais na maging tapat at sumunod sa Diyos ay magagawang perpekto, kahit sila ay ignorante nang bahagya; lahat niyaong nagnanais na maghabol ay magagawang sakdal. Hindi na kailangang mag-alala tungkol dito. Hangga’t nagnanais kang magpatuloy sa direksiyon na ito, magagawa kang perpekto. Ayaw Kong pabayaang o alisin ang sinuman sa inyo, ngunit kung hindi nagsusumikap ang tao nang mabuti, kung gayon ay sinisira mo lamang ang iyong sarili; hindi Ako ang nag-aalis sa iyo, kundi ikaw mismo. Kung ikaw mismo ay hindi nagsusumikap nang mabuti—kung ikaw ay tamad, o hindi gumaganap ng iyong tungkulin, o hindi ka tapat, o hindi mo hinahabol ang katotohanan at palaging ginagawa

ang anumang iyong maibigan, kung kumikilos ka nang walang-ingat, ipinaglalaban ang sarili mong kasikatan at yaman, at walang prinsipyo sa iyong pakikitungo sa ibang kasarian, kung gayon dadalhin mo ang pasanin ng sarili mong mga kasalanan; hindi ka karapat-dapat kahabagan ninuman. Ang Aking layunin ay para lahat kayo ay magawang perpekto, at kahit malupig man lamang, nang upang ang yugtong ito ng gawain ay maaaring matagumpay na makumpleto. Ang inaasam ng Diyos ay para ang bawat tao ay magawang perpekto, sa kahuli-hulihan ay matamo Niya, lubos Niyang malinis, at maging mga tao na Kanyang minamahal. Hindi mahalaga kung sinasabi Ko mang kayo ay paurong o mahina ang kakayahan—ito ay tunay lahat. Ang pagsasabi Ko nito ay hindi nagpapatunay na binabalak Kong pabayaang ka, na nawalan na Ako ng pag-asa sa inyo, lalong hindi na ayaw Kong iligtas kayo. Naparito Ako ngayon upang gawin ang gawain ng pagliligtas sa inyo, na ang ibig sabihin ay ang gawain na Aking ginagawa ay isang pagpapatuloy ng gawain ng pagliligtas. Ang bawat tao ay may pagkakataon upang magawang perpekto: Basta't ikaw ay handa, basta't patuloy kang magsisikap, sa huli ay magagawa mong makamit ang resultang ito, at walang sinuman sa inyo ang mapapabayaang. Kung mahina ang iyong kakayahan, ang Aking mga kakailanganin sa iyo ay alinsunod sa iyong mahinang kakayahan; kung magaling ang iyong kakayahan, ang Aking mga kakailanganin sa iyo ay alinsunod sa iyong magaling na kakayahan; kung ikaw ay ignorante at mangmang, ang Aking mga kakailanganin sa iyo ay alinsunod sa iyong kamangmangan; kung ikaw ay may pinag-aralan, ang Aking mga kakailanganin sa iyo ay alinsunod sa antas ng iyong pinag-aralan; kung ikaw ay nakatatanda, ang Aking mga kakailanganin sa iyo ay alinsunod sa iyong katandaan; kung ikaw ay may kakayahang magbigay ng kagandahang-loob, ang Aking mga hihingin sa iyo ay magiging alinsunod sa kakayahang ito; kung sinasabi mong hindi ka makapagbibigay ng kagandahang-loob, at magagampanan mo lamang ang isang partikular na tungkulin, maging ito man ay pagpapalaganap ng ebanghelyo, o pag-aalaga sa iglesia, o pagdalo sa iba't ibang mga pangkalahatang ugnayan, ang Aking pagpeperpekto sa iyo ay magiging alinsunod sa tungkulin na iyong ginagampanan. Ang pagiging tapat, ang pagsunod hanggang sa katapus-tapusan, at ang paghahangad na magkaroon ng pinakadakilang pag-ibig sa Diyos—ito ang kailangan mong tuparin, at wala nang iba pang mas magandang mga pagsasagawa kaysa sa tatlong bagay na ito. Sa kahuli-hulihan, kinakailangang makamit ng tao ang tatlong bagay na ito, at kung makakamit niya ang mga iyon, sa gayon ay gagawin siyang perpekto. Ngunit, sa ibabaw ng lahat, dapat kang talagang maghabol, dapat kang aktibong magpatuloy nang pasulong at pataas, at huwag maging walang-kibo sa bagay na iyan. Nasabi Ko na ang bawat tao ay may pagkakataong magawang perpekto at may kakayahang magawang perpekto, at ito ay totoo, ngunit hindi mo sinusubukang maging mas mahusay sa iyong paghahangad. Kung hindi mo nakakamit ang tatlong batayang ito, kung gayon sa katapusan, dapat kang maalís. Nais Ko na ang lahat ay makahabol, nais Ko na ang lahat ay magkaroon ng gawain at ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu, at magawang sumunod hanggang sa katapus-tapusan,

sapagkat ito ang tungkulin na dapat gampanan ng bawat isa sa inyo. Kapag nagagampanan na ninyong lahat ang inyong tungkulin, lahat kayo ay magagawang perpekto, magkakaroon din kayo ng matunog na patotoo. Ang lahat niyaong mayroong patotoo ay yaong mga nagiging matagumpay laban kay Satanas at natatamo ang pangako ng Diyos, at sila ay siyang mga mananatili upang manirahan sa kamanghamanghang hantungan.

Papasok sa Pahinga ang Diyos at ang Tao Nang Magkasama

Sa simula, nasa pahinga ang Diyos. Walang mga tao o anumang iba pa sa lupa noong panahong iyon, at hindi pa gumawa ang Diyos ng kahit anupamang gawain. Sinimulan lamang Niya ang Kanyang gawaing pamamahala sa sandaling umiral na ang sangkatauhan at pagkatapos maging tiwali ng sangkatauhan. Mula noong puntong iyon, hindi na Siya nagpahinga, at sa halip ay nagsimulang magpakaabala sa gitna ng sangkatauhan. Ang katiwalian ng sangkatauhan ang dahilan kung bakit nawalan ng pahinga ang Diyos, at dahil na din sa paghihimagsik ng arkanghel. Kung hindi tatalunin ng Diyos si Satanas at ililigtas ang naging tiwaling sangkatauhan, hindi Siya kailanman muling makakapasok sa pahinga. Habang nagkukulang sa pahinga ang tao, ganoon din ang Diyos, at kapag namahinga na Siyang muli, ganoon din ang gagawin ng mga tao. Ang pamumuhay sa pahinga ay nangangahulugan ng isang buhay na walang digmaan, walang dumi, at nang walang namamalaging kawalan ng katuwiran. Ibig sabihin, isa itong buhay na walang mga paggambala ni Satanas (ang salitang “Satanas” dito ay tumutukoy sa mga kaaway na puwersa) at katiwalian ni Satanas, at ni hindi rin ito madalas salakayin ng anumang puwersang sumasalungat sa Diyos. Isa itong buhay kung saan ang lahat ay sinusundan kung ano ang kauri nito at maaaring sumamba sa Panginoon ng sangnilikha, at kung saan ang langit at lupa ay ganap na payapa—ito ang ibig sabihin ng mga salitang “tahimik na buhay ng mga tao.” Kapag namahinga ang Diyos, hindi na magpapatuloy ang kawalan ng katuwiran sa mundo, ni hindi magkakaroon ng anumang karagdagang pagsalakay mula sa mga kaaway na puwersa, at papasok ang sangkatauhan sa isang bagong kinasasaklawan—hindi na isang sangkatauhang ginawang tiwali ni Satanas kundi isang sangkatauhang nailigtas matapos gawing tiwali ni Satanas. Ang araw ng pahinga ng sangkatauhan ay magiging araw din ng pahinga ng Diyos. Nawala ng Diyos ang Kanyang pahinga dahil sa kawalan ng kakayahan ng sangkatauhan na pumasok sa pahinga, hindi dahil sa hindi Niya nagawang magpahinga sa simula. Ang pagpasok sa pahinga ay hindi nangangahulugang ang lahat ay humihinto sa paggalaw o tumitigil sa pag-unlad, at hindi rin ito nangangahulugang humihinto sa paggawa ang Diyos o na humihintong mabuhay ang mga tao. Ang tanda ng pagpasok sa pahinga ay kapag nawasak na si Satanas, kapag

naparusahan at napawi na ang mga masasamang taong nakiisa sa masasamang gawain nito, at kapag tumigil sa pag-iral ang lahat ng puwersang laban sa Diyos. Ang pagpasok ng Diyos sa pahinga ay nangangahulugang hindi na Niya isasakatuparan ang Kanyang ginagawang pagliligtas sa sangkatauhan. Ang pagpasok ng sangkatauhan sa pahinga ay nangangahulugan na ang buong sangkatauhan ay mabubuhay sa loob ng liwanag ng Diyos at sa ilalim ng Kanyang mga pagpapala, walang katiwalian ni Satanas, at walang magaganap na kawalan ng katuwiran. Sa ilalim ng pag-aaruga ng Diyos, mamumuhay nang normal ang sangkatauhan sa lupa. Kapag pumasok sa pahinga ang Diyos at ang sangkatauhan nang magkasama, nangangahulugan itong nailigtas na ang sangkatauhan at nawasak na si Satanas, at ganap nang natapos ang gawain ng Diyos sa tao. Hindi na magpapatuloy ang Diyos sa Kanyang gawain sa mga tao, at sila ay hindi na mamumuhay sa ilalim ng pamamahala ni Satanas. Samakatuwid, hindi na magiging abala ang Diyos, at ang mga tao ay hindi na palaging aligaga. Ang Diyos at ang sangkatauhan ay magkasabay na papasok sa pahinga. Babalik ang Diyos sa Kanyang orihinal na lugar, at babalik ang bawat tao sa kani-kanilang mga lugar. Ito ang mga hantungan kung saan maninirahan ang Diyos at ang mga tao sa sandaling matapos ang buong pamamahala ng Diyos. Ang Diyos ay may patutunguhang para sa Diyos, at ang sangkatauhan ay may patutunguhang para sa sangkatauhan. Habang nagpapahinga, magpapatuloy ang Diyos sa paggabay sa lahat ng mga tao sa kanilang mga buhay sa lupa, at habang nasa Kanyang liwanag, sasambahin nila ang nag-iisang tunay na Diyos sa langit. Hindi na mamumuhay ang Diyos kasama ng sangkatauhan, at hindi rin magagawang mamuhay ng mga tao kasama ng Diyos sa Kanyang patutunguhan. Hindi maaaring mamuhay sa loob ng parehong lugar ang Diyos at ang mga tao. Sa halip, kapwa sila may kanya-kanyang mga paraan ng pamumuhay. Ang Diyos ang Siyang gumagabay sa lahat ng sangkatauhan, at ang lahat ng sangkatauhan ay ang pagkikristal, o pagkakaroon ng tiyak na anyo ng pamamahala ng Diyos. Ang inaakay ay ang mga tao, at ang kanilang diwa ay hindi natutulad sa diwa ng Diyos. Ang “magpahinga” ay nangangahulugan ng pagbalik sa orihinal na lugar ng isang tao. Samakatuwid, kapag pumasok sa pahinga ang Diyos, nangangahulugan itong bumalik na Siya sa Kanyang orihinal na lugar. Hindi na Siya mamumuhay sa mundo o makakasama ng sangkatauhan upang makibahagi sa kanilang kagalakan at pagdurusa. Kapag pumasok sa pahinga ang mga tao, nangangahulugan itong sila ay naging tunay na mga bagay ng sangnilikha. Sasambahin nila ang Diyos mula sa lupa, at mamumuhay ng normal. Ang mga tao ay hindi na magiging masuwayin sa Diyos o lalaban sa Kanya, at magbabalik sa orihinal na buhay nina Adan at Eba. Ito ang magiging kani-kanilang buhay at hantungan ng Diyos at ng mga tao pagkatapos nilang pumasok sa pahinga. Ang pagkatalo ni Satanas ay isang hindi maiiwasang kahihinatnan ng digmaan sa pagitan nito at ng Diyos. Tulad nito, ang pagpasok ng Diyos sa pahinga pagkatapos ng Kanyang gawaing pamamahala at ang ganap na kaligtasan at pagpasok sa pahinga ng sangkatauhan ay mga hindi na rin maiiwasang kahihinatnan. Nasa lupa ang lugar ng

pahingahan ng sangkatauhan, at nasa langit ang pahingahan ng Diyos. Bagama't sinasamba ng mga tao ang Diyos sa pamamahinga, mamumuhay sila sa lupa, at bagama't inaakay ng Diyos ang natitirang sangkatauhang sa pamamahinga, pamumunuan Niya sila mula sa langit, hindi mula sa lupa. Ang Diyos ay mananatiling Espiritu, habang mananatiling laman ang mga tao. Namamahinga ang Diyos at ang mga tao sa magkaibang paraan. Habang nagpapahinga ang Diyos, darating Siya at magpapakita sa gitna ng mga tao. Habang nagpapahinga ang mga tao, aakayin sila ng Diyos upang dumalaw sa langit, pati na rin upang ikasiya ang buhay doon. Matapos pumasok sa pahinga ang Diyos at ang sangkatauhan, hindi na iiral pa si Satanas. Gayundin, titigil na rin sa pag-iral ang mga makasalanang taong ito. Bago magpahinga ang Diyos at ang sangkatauhan, ang mga makasalanang tao na minsang umusig sa Diyos sa lupa, pati na rin ang mga kaaway na sumuway sa Kanya doon, ay nawasak na rin. Napuksa na sila ng malalaking kalamidad ng mga huling araw. Sa sandaling lubusang mapuksa ang mga makasalanang taong ito, hindi na kailanman muling mababatid ng lupa ang panliligalig ni Satanas. Doon lamang makakukuha ang sangkatauhan ng ganap na kaligtasan, at lubusang matatapos ang gawain ng Diyos. Ito ang mga paunang kinakailangan upang makapasok sa pahinga ang Diyos at ang sangkatauhan.

Ang paglapit ng katapusan ng lahat ng mga bagay ay nagpapahiwatig ng pagkabuo ng gawain ng Diyos, pati na rin ng pagtatapos ng pag-unlad ng sangkatauhan. Nangangahulugan ito na ang mga tao, bilang ginawang tiwali ni Satanas, ay darating na sa huling yugto ng kanilang pag-unlad, at ang pagpapalaganap ng lahi ng mga inapo nina Adan at Eba ay natapos na. Nangangahulugan din na ang ganitong sangkatauhan, na naging tiwali dahil kay Satanas, ay hindi posibleng patuloy na umunlad. Sina Adan at Eba na makikita sa simula ay hindi naging tiwali, subalit sina Adan at Eba na itinaboy mula sa Hardin ng Eden ay ginawang tiwali ni Satanas. Kapag pumasok sa pahinga ang Diyos at ang mga tao nang magkasama, sina Adan at Eba—na itinaboy mula sa Hardin ng Eden—at ang mga inapo nila ay darating na sa wakas sa isang pagtatapos. Ang sangkatauhan ng hinaharap ay binubuo pa rin ng mga inapo nina Adan at Eba, ngunit sila ay hindi mamumuhay sa ilalim ng pamamahala ni Satanas. Sa halip, sila ay magiging ang mga taong iniligtas at ginawang dalisay. Ito ay magiging isang sangkatauhan na hinatulan at kinastigo na, at isa na banal. Ang mga taong ito ay hindi magiging katulad ng orihinal na lahi ng tao. Halos maaaring sabihin na magiging ganap na iba ang kanilang uri mula kina Adan at Eba sa simula. Napili ang mga taong ito mula sa lahat ng mga ginawang tiwali ni Satanas, at sila ang sa huli na siyang mga tumayo nang matatag sa panahon ng paghatol at pagkastigo ng Diyos; sila ang huling natitirang pangkat ng mga tao sa gitna ng tiwaling sangkatauhan. Tanging ang mga taong ito ang magagawang makapasok sa huling pahinga kasama ng Diyos. Ang mga nagagawang tumayo nang matatag sa panahon ng gawain ng paghatol at pagkastigo ng Diyos sa mga huling araw—sa panahon ng huling gawain ng paglilinis—ang siyang makakapasok sa pangwakas na pahinga sa tabi ng Diyos. Samakatuwid, nakatakas na sa impluwensya ni

Satanas ang lahat ng mga pumasok sa pahinga at nakuha na sila ng Diyos pagkatapos sumailalim sa Kanyang huling gawain ng paglilinis. Ang mga taong ito, na sa wakas ay natamo na ng Diyos, ay papasok sa huling pahinga. Ang layunin ng gawain ng pagkastigo at paghatol ng Diyos ay sa diwa'y upang dalisayin ang sangkatauhan, alang-alang sa huling pahinga. Kung walang ganitong paglilinis, wala sa sangkatauhan ang maaaring maiuri sa magkakaibang mga kategorya ayon sa uri, o pumasok sa pahinga. Ang gawaing ito ay ang tanging landas ng sangkatauhan upang pumasok sa pahinga. Tanging ang paglilinis ng Diyos ang magtatanggal ng kawalan ng katuwiran ng mga tao, at tanging ang gawain Niya ng pagkastigo at paghatol ang magdadala sa liwanag sa mga masuwaying bahagi ng sangkatauhan, naghihiwalay sa mga maaaring maligtas mula sa mga hindi maaari, at ang mga mananatili mula sa mga hindi. Kapag natapos ang gawaing ito, ang lahat ng mga taong pinayagang manatili ay lilinisin at papasok sa isang mas mataas na kalagayan ng sangkatauhan kung saan magtatamasa sila ng isang mas kamanghamanghang ikalawang buhay sa lupa; sa madaling salita, uumpisahan nila ang kanilang araw ng pahinga, at mabuhay kasama ang Diyos. Matapos makastigo at mahatulan ang mga hindi pinapayagang manatili, ang kanilang tunay na mga kulay ay ganap na maihahayag, pagkatapos nito ay wawasakin silang lahat at, kagaya ni Satanas, hindi na pahihintulutang mabuhay sa lupa. Ang sangkatauhan sa hinaharap ay hindi na magsasama ng alinman sa ganitong uri ng mga tao. Hindi angkop na pumasok sa lupain ng huling pahinga ang ganitong mga tao, at hindi sila angkop na sumali sa araw ng pahingang pagsasaluhan ng Diyos at ng sangkatauhan, dahil sila ang puntirya ng kaparusahan at mga makasalanan, hindi matuwid na mga tao. Tinubos sila nang minsan, at hinatulan at kinastigo na rin sila. Minsan din silang nagbigay ng paglilingkod sa Diyos. Subalit, pagdating ng huling araw, aalisin at wawasakin pa rin sila dahil sa kasamaan nila at bilang bunga ng kanilang pagsuway at kawalang kakayahang matubos. Hindi sila kailanman muling iiral sa mundo ng hinaharap, at hindi na mamumuhay kasama ang lahi ng tao sa hinaharap. Maging mga espiritu man sila ng mga patay o mga taong nabubuhay pa rin sa laman, wawasakin ang lahat ng mga masama at lahat ng mga hindi pa naililigtassa sandaling ang banal na nasa sangkatauhan ay pumasok na sa pahinga. Para naman sa mga masasamang espiritu at tao na ito, o ang espiritu ng matuwid na mga tao at mga gumagawa ng katuwiran, anuman ang kinabibilangan nilang kapanahunan, sa huli, ang lahat ng mga gumagawa ng kasamaan ay mawawasak, at ang lahat ng mga matuwid ay makaliligtas. Kung makatatanggap ng kaligtasan ang isang tao o espiritu ay hindi ganap na pinagpapasyahan sa batayan ng gawain ng huling kapanahunan. Sa halip, tinutukoy ito sa pamamagitan ng kung sila man ay lumaban o hindi o kaya ay naging masuwayin tungo sa Diyos. Ang mga tao sa nakaraang panahon na gumawa ng masama at hindi nakapagtamo ng kaligtasan, walang alinlangan, ay mapagtutuunan ng kaparusahan, at ang mga nasa kasalukuyang panahon na gumagawa ng masama at hindi maaaring mailigtas ay tiyak na mapagtutuunan din ng kaparusahan. Ang mga tao ay nauuri ayon sa kabutihan o kasamaan, at hindi sa

pamamagitan ng kung anong kapanahunan sila nabuhay. Kapag naayos na batay sa uri, hindi sila agarang parurusahan o gagantimpalaan. Sa halip, isasakatuparan lamang ng Diyos ang gawain Niya na pagpaparusa sa masama at pagbibigay ng gantimpala sa mabuti makaraan Niyang matapos ang pagsasakatuparan ng gawain Niya ng panlulupig sa mga huling araw. Sa katunayan, pinaghihiwalay na Niya ang mga mabubuti at masasamang tao mula pa nang simulan Niyang gawin ang gawain Niya ng pagliligtas ng sangkatauhan. Iyon nga lamang, gagantimpalaan Niya ang matuwid at parurusahan ang masasama sa oras lamang na matapos Niya ang Kanyang gawain. Hindi sa paghihiwalayin Niya sila ayon sa uri pagkatapos ng Kanyang gawain at pagkatapos ay agarang mag-uumpisa na atupagin ang pagpaparusa sa masama at pagbibigay ng gantimpala sa mabuti. Sa halip, ang gampaning ito ay gagawin lamang kapag ganap nang tapos ang Kanyang gawain. Ang buong layunin sa likod ng huling gawain ng Diyos na pagpaparusa sa masama at pagbibigay ng gantimpala sa mabuti ay upang lubusang maging dalisay ang lahat ng mga tao upang maaari Siyang magdala ng isang ganap na banal na sangkatauhan sa walang hanggang pahinga. Ang yugtong ito sa gawain Niya ang pinakamahalaga. Ito ang huling yugto ng kabuuan ng Kanyang pamamahala. Kung hindi winasak ng Diyos ang kasamaan, at sa halip ay pinayagan silang manatili, hindi pa rin makakapasok sa pahinga ang bawat tao, at hindi madadala ng Diyos ang lahat ng sangkatauhan sa isang mas mabuting lugar. Hindi tapos ang ganitong uri ng gawain. Kapag natapos na ang gawain Niya, magiging ganap na banal ang kabuuan ng sangkatauhan. Sa ganitong paraan lamang magagawang mamuhay ng Diyos sa mapayapang pamamahinga.

Sa panahong ito, hindi pa rin nagagawang bitiwang ng mga tao ang mga bagay ng laman; hindi nila maisuko ang pagtatamasa ng laman, ng mundo, salapi, o ng kanilang mga tiwaling disposisyon. Matamlay na nagpapatuloy ang karamihan ng mga tao sa kanilang mga hangarin. Ang totoo, hindi talaga kinukupkop ang Diyos sa puso ng mga taong ito; higit pang masahol, hindi sila takot sa Diyos. Wala silang Diyos sa kanilang mga puso, at kaya hindi nila mahiwatigan ang lahat ng ginagawa ng Diyos, at higit na mababa ang kakayahan nilang maniwala sa mga salitang binibigkas Niya. Labis sa laman ang gayong mga tao; sa anupaman, napakalalim na ng kanilang pagkatiwali at salat sila sa anumang katotohanan. Higit pa rito, hindi sila naniniwalang makakaya ng Diyos na magkatawang-tao. Sinumang hindi naniniwala sa Diyos na nagkatawang-tao—ibig sabihin, sinumang hindi naniniwala sa nakikitang Diyos o sa gawain at mga salita Niya, bagkus ay sumasamba sa di-nakikitang Diyos sa langit—ay isang taong walang Diyos sa kanyang puso. Mapanghimagsik at lumalaban sa Diyos ang gayong mga tao. Salat sila sa pagkatao at katwiran, lalo na sa katotohanan. Higit dito, para sa mga taong ito, lalong hindi mapaniniwalaan ang nakikita at nahahawakang Diyos, ngunit itinuturing nila na kapani-paniwala at nakapagpapasaya nang higit sa lahat ang di-nakikita at dinahahawakang Diyos. Hindi ang aktwal na katotohanan o ang tunay na diwa ng buhay ang hinahangad nila; lalong hindi ang kalooban ng Diyos. Sa halip, hinahangad nila ang

kasabikan. Alinmang mga bagay na makakayang magbigay ng kakayahang tuparin ang mga sarili nilang mga pagnanasa ay walang alinlangang ang pinaniniwalaan at itinataguyod nila. Naniniwala lamang sila sa Diyos upang matugunan ang sarili nilang mga pagnanasa, hindi upang hangarin ang katotohanan. Hindi ba mga tagagawa ng masama ang gayong mga tao? Labis ang kanilang tiwala sa sarili, at hinding-hindi sila naniniwala na wawasakin ng Diyos sa langit ang gayong “mabubuting tao” na tulad nila. Sa halip, naniniwala sila na tutulutan sila ng Diyos na manatili at, bukod dito, malakihan silang gagantimpalaan dahil sa nagawang maraming bagay para sa Diyos at naipakitang di-kakaunting “katapatan” sa Kanya. Kung hahangarin din nila ang nakikitang Diyos, sa sandaling hindi matugunan ang kanilang mga pagnanasa, agad silang gaganti sa Diyos o magwawala. Ipinakikita nila ang mga sarili bilang kasuklam-suklam na mga tuta na naghahangad lamang matugunan ang mga sarili nilang pagnanasa; hindi sila mga taong may dangal na nagtataguyod ng katotohanan. Ang gayong mga tao ay ang tinatawag na mga buktot na sumusunod kay Cristo. Yaong mga taong hindi naghahangad ng katotohanan ay hindi makakayang maniwala kahit pa sa katotohanan, at lalong hindi magagawang mahiwatigan ang kalalabasan sa hinaharap ng sangkatauhan, dahil hindi sila naniniwala sa anumang gawain o mga salita ng nakikitang Diyos—at kabilang dito ang hindi magawang maniwala sa hantungan ng sangkatauhan sa hinaharap. Samakatuwid, kahit sinusundan pa nila ang nakikitang Diyos, gumagawa pa rin sila ng masama at hinding-hindi hinahangad ang katotohanan, o isinasagawa ang katotohanang hinihingi Ko. Sa kataliwasan, ang mga taong wawasakin ay yaong hindi naniniwala na sila ay wawasakin. Lahat sila ay naniniwala na napakatalino nila, at kanilang iniisip na sila mismo ang mga taong nagsasagawa sa katotohanan. Itinuturing nila bilang katotohanan ang kanilang masamang pag-uugali at sa gayon ay itinatangi ito. Labis ang tiwala sa sarili ng mga gayong buktot na tao; itinuturing nilang doktrina ang katotohanan at itinuturing ang masasamang kilos nila bilang katotohanan, ngunit sa katapusan, makakaya lamang nilang anihin kung ano ang kanilang naihasik. Mas may tiwala sa sarili at di-masupil na kayabangan ang mga tao, mas hindi nila magagawang matamo ang katotohanan; mas naniniwala ang mga tao sa Diyos sa langit, mas nilalabanan nila ang Diyos. Ang mga taong ito ang siyang parurusahan. Bago pumasok sa pamamahinga ang sangkatauhan, matutukoy kung parurusahan ba o gagantimpalaan ang bawat uri ng tao ayon sa kung hinangad ba nila ang katotohanan, kung kilala ba nila ang Diyos, at kung maaari ba silang magpasakop sa nakikitang Diyos. Salat sa katotohanan yaong mga nagsagawa ng paglilingkod sa nakikitang Diyos, subalit hindi Siya nakikilala o nagpapasakop sa Kanya. Tagagawa ng kasamaan ang gayong mga tao, at walang alinlangang magiging mga pakay ng kaparusahan ang mga tagagawa ng kasamaan; higit pa rito, parurusahan sila ayon sa kanilang buktot na pag-uugali. Ang Diyos ay para sa mga tao na paniwalaan, at karapat-dapat din Siya sa kanilang pagtalima. Ang mga taong hindi naniniwala sa Diyos at hindi nagagawang magpasakop sa Diyos ay yaong mga may pananampalataya lamang sa malabo at di-nakikitang Diyos. Kung hindi pa rin magagawang maniwala ng

mga taong ito sa nakikitang Diyos sa oras na natapos ang gawain Niya ng panlulupig, at magpapatuloy sa pagiging masuwayin at lumalaban sa Diyos na nakikita sa katawang-tao, walang alinlangan na itong “mga tagasunod ng malabong Diyos” na ito, sa huli, ay magiging mga pakay ng pagwasak. Katulad din ito ng ilan sa inyo—sinumang kumikilala sa salita sa Diyos na nagkatawang-tao, ngunit hindi maisagawa ang katotohanan ng pagpapasakop sa Diyos na nagkatawang-tao, ay palalayasin at wawasakin sa huli. Bukod dito, sinuman ang pasalitang kumikilala sa nakikitang Diyos, kumakain at umiinom ng katotohanang ipinapahayag Niya habang hinahangad din ang malabo at dinakikitang Diyos, ay tiyak na magiging puntirya ng pagkawasak. Wala sa mga taong ito ang magagawang manatili hanggang sa oras ng pamamahinga na darating makaraang natapos na ang gawain ng Diyos, o makakaya ng isang tao na katulad ng gayong mga tao na manatili sa oras na iyon ng pamamahinga. Ang malademyong mga tao ay yaong mga hindi isinasagawa ang katotohanan; paglaban at pagsuway sa Diyos ang diwa nila, at wala silang bahagya mang layon na magpasakop sa Kanya. Wawasakin ang lahat ng gayong tao. Nakasalalay sa iyong diwa, hindi sa iyong kaanyuan o kung paano ka magsalita o umasal paminsan-minsan, kung taglay mo ang katotohanan o kung lumalaban ka sa Diyos. Natutukoy sa diwa ng tao kung siya ba ay wawasakin o hindi; pinagpapasyahan ito ayon sa diwang inihahayag ng asal ng isang tao at ang pagtataguyod ng isang tao sa katotohanan. Sa mga taong magkakatulad sa isa’t isa sa kanilang gawain, at gumagawa ng magkakasingdaming gawain, yaong mga mabubuti ang pantaong diwa at nagtataglay ng katotohanan ay ang mga taong tutulutang manatili, habang yaong masasama ang pantaong diwa at sumusuway sa nakikitang Diyos ay yaong mga magiging pakay ng pagkawasak. Ang lahat ng gawain o mga salita ng Diyos na kaugnay sa hantungan ng sangkatauhan ay angkop na iwawasto ang mga tao batay sa diwa ng bawat isa; walang magaganap na bahagya mang kamalian, at walang magagawang isa mang pagkakamali. Tuwing gumagawa lamang ng gawain ang mga tao na nahaharuan ito ng damdamin at kahulugan. Pinakaangkop ang gawaing ginagawa ng Diyos; lubusan Siyang hindi naglalabas ng mga maling paratang laban sa sinumang nilalang. Maraming tao sa kasalukuyan ang hindi nagagawang mahiwatigan ang hantungan ng sangkatauhan sa hinaharap at hindi naniniwala sa mga salitang binibigkas Ko. Lahat ng yaong hindi naniniwala, gayundin ang mga hindi nagsasagawa ng katotohanan, ay mga demonyo!

Sa panahong ito, yaong mga naghahangad at yaong mga hindi naghahangad ay dalawang ganap na magkaibang uri ng mga tao, na may labis na magkaiba ring mga hantungan. Yaong mga nagtataguyod sa kaalaman ng katotohanan at nagsasagawa ng katotohanan ang mga siyang pagdadalhan ng Diyos ng kaligtasan. Yaong mga hindi nababatid ang tunay na daan ay mga demonyo at kaaway; mga inapo sila ng arkanghel at magiging mga pakay ng pagwasak. Kahit yaong mga maka-Diyos na tagapaniwala ng isang malabong Diyos—hindi ba’t mga demonyo rin sila? Ang mga taong nagtataglay ng mabubuting budhi ngunit hindi tinatanggap ang tunay na daan ay mga demonyo;

paglaban sa Diyos ang kanilang diwa. Yaong mga hindi tinatanggap ang tunay na daan ay yaong mga lumalaban sa Diyos, at kahit nagtitiis ng maraming hirap ang gayong mga tao, wawasakin pa rin sila. Yaong mga atubili na talikdan ang mundo, na hindi matiis na mawalay sa kanilang mga magulang, at hindi makatiis na alisin sa kanilang mga sarili ang mga pagtatamasa sa laman ay masuwayin sa Diyos, at magiging mga pakay ng pagkawasak. Sinumang hindi naniniwala sa Diyos na nagkatawang-tao ay malademonyo at, higit pa rito, wawasakin sila. Yaong mga may pananampalataya ngunit hindi isinasagawa ang katotohanan, yaong mga hindi naniniwala sa Diyos na nagkatawang-tao, at yaong mga hinding-hindi naniniwala sa pag-iral ng Diyos ay magiging mga pakay din ng pagwasak. Lahat yaong mga pahihintulutang manatili ay mga taong nagdaan na sa pagdurusa ng pagpipino at matatag na nanindigan; mga tao itong tunay na tiniis ang mga pagsubok. Sinumang hindi kumikilala sa Diyos ay isang kaaway; ibig sabihin, sinumang hindi kumikilala sa Diyos na nagkatawang-tao—nasa loob man sila o nasa labas ng daloy na ito—ay isang anticristo! Sino si Satanas, sino ang mga demonyo, at sino ang mga kaaway ng Diyos kundi ang mga mapanlaban na hindi naniniwala sa Diyos? Hindi ba sila yaong mga taong masuwayin sa Diyos? Hindi ba sila yaong mga umaangkin na may pananampalataya, subalit salat sa katotohanan? Hindi ba sila yaong mga naghahangad na matamo lamang ang mga pagpapala samantalang hindi magawang magpatotoo para sa Diyos? Nakikihalubilo ka pa rin ngayon sa mga demonyong iyon at nag-uukol ng budhi at pagmamahal sa kanila, ngunit sa pangyayaring ito, hindi ka ba nag-aabot ng mabubuting layon kay Satanas? Hindi ka ba kakampi ng mga demonyo? Kung hindi pa rin magawa ng mga tao sa mga araw na ito na makita ang kaibhan ng mabuti at masama, at patuloy na bulag na maging mapagmahal at maawain nang walang anumang layon na hangarin ang kalooban ng Diyos o magawang kupkupon bilang kanila sa anumang paraan ang mga layunin ng Diyos, magiging higit na kahabag-habag ang kanilang mga katapusan. Kaaway ng Diyos ang sinumang hindi naniniwala sa Diyos sa katawang-tao. Kung nakapag-uukol ka ng budhi at pagmamahal sa isang kaaway, hindi ka ba salat sa kahulugan ng pagiging matuwid? Kung bumabagay ka sa mga yaong kinamumuhian Ko at hindi Ko sinasang-ayunan, at nag-uukol pa rin ng pagmamahal o pansariling damdamin sa kanila, hindi ka ba masuwayin sa gayon? Hindi mo ba sinasadyang labanan ang Diyos? Nagtataglay ba ng katotohanan ang gayong tao? Kung nag-uukol ng budhi ang mga tao patungkol sa mga kaaway, pagmamahal sa mga demonyo, at habag kay Satanas, hindi ba nila sinasadyang gambalain ang gawain ng Diyos sa gayon? Yaong mga tao na naniniwala lamang kay Jesus at hindi naniniwala sa Diyos na nagkatawang-tao sa mga huling araw, gayundin yaong mga pasalitang inaangkin na naniniwala sa Diyos na nagkatawang-tao ngunit gumagawa ng masama, ay pawang anticristo, kahit hindi pa banggitin yaong mga hindi man lamang naniniwala sa Diyos. Magiging mga pakay ng pagwasak ang lahat ng taong ito. Nakabatay sa kanilang pag-uugali ang pamantayang ginagamit ng mga tao upang hatulan ang ibang mga tao; matuwid yaong ang asal ay mabuti, habang buktot

yaong ang asal ay karumal-dumal. Ang pamantayan ng Diyos sa paghatol sa mga tao ay batay sa kung nagpapasakop ba o hindi sa Kanya ang kanilang diwa; matuwid na tao ang nagpapasakop sa Diyos, samantalang ang hindi nagpapasakop ay kaaway at isang buktot na tao, mabuti man o masama ang pag-uugali ng taong ito at kung tama man o mali ang kanyang pananalita. Nais ng ilang tao na gumamit ng mabubuting gawa upang magtamo ng magandang hantungan sa hinaharap, at nais ng ilang mga tao na gumamit ng maiinam na salita upang magkamit ng mabuting hantungan. Maling naniniwala ang lahat na natutukoy ng Diyos ang kalalabasan ng mga tao pagkaraang mamasdan ang kanilang pag-uugali o pagkaraang makinig sa kanilang pananalita; kaya maraming tao ang nagnanais samantalain ito upang linlangin ang Diyos na gawaran sila ng isang panandaliang pagtatangi. Sa hinaharap, ang mga taong makaliligtas sa isang kalagayan ng pamamahinga ay napagtiisan na ang lahat ng araw ng pagdurusa at nakapagpatotoo na rin para sa Diyos; lahat sila ay magiging mga tao na tinupad na ang kanilang mga tungkulin at kusa nang nagpasakop sa Diyos. Yaong mga nais lamang gamitin ang pagkakataon na gawin ang paglilingkod na kasama ang balak na iwasan ang pagsasagawa ng katotohanan ay hindi pahihintulutang manatili. May mga naaangkop na pamantayan ang Diyos para sa pag-aayos ng mga kalalabasan ng bawat tao; hindi Siya basta gumagawa ng mga kapasayahang ito ayon sa mga salita at asal ng isang tao, o gumagawa Siya ng mga ito batay sa kung paano kumikilos ang isang tao sa isang tagal ng panahon. Lubos na hindi siya magiging maluwag hinggil sa buktot na asal ng isang tao dahil sa nakaraang paglilingkod nito sa Kanya, o hindi rin Niya ililigtas ang isang tao mula sa kamatayan dahil sa minsanang gugulin para sa Diyos. Walang sinuman ang makaiwas sa paghihiganti para sa kanilang kabuktutan, at walang sinuman ang mapagtatakpan ang kanilang masamang pag-uugali at sa gayon ay makaiwas sa mga paghihirap ng pagkawasak. Kung totoong matutupad ng mga tao ang sarili nilang tungkulin, nangangahulugan ito na walang hanggang matapat sila sa Diyos at hindi hinahangad ang mga pabuya, tumatanggap man sila ng mga biyaya o nagdurusa sa kasawian. Kung matapat sa Diyos ang mga tao kapag nakikita nila ang mga biyaya, ngunit nawawala ang kanilang katapatan kapag hindi nila nakikita ang anumang mga biyaya, at kung, sa huli, ay hindi pa rin nila nagagawang magpatotoo para sa Diyos o tuparin ang mga tungkuling kasalukuyang hawak nila, magiging mga pakay pa rin sila ng pagkawasak kahit pa dati na silang nakapagbigay ng matapat na paglilingkod sa Diyos. Sa madaling salita, hindi maaaring makaligtas hanggang sa kawalang-hanggan ang mga taong buktot, o makapapasok sa pamamahinga; tanging ang mga matuwid ang mga panginoon ng pamamahinga. Sa sandaling nasa tamang landas ang sangkatauhan, ang mga tao ay magkakaroon ng normal na buhay ng tao. Gagawin nilang lahat ang kani-kaniyang mga tungkulin at magiging ganap na matapat sa Diyos. Lubos nilang lalagasin ang kanilang pagsuway at ang kanilang mga tiwaling disposisyon, at mabubuhay sila para sa Diyos at dahil sa Diyos, nang walang pagsuway at paglaban. Magagawa nilang lahat na ganap na magpasakop sa Diyos. Ito ang magiging buhay ng Diyos at ng

sangkatauhan; ito ang magiging buhay ng kaharian, at magiging isang buhay ito ng pamamahinga.

Labis na makasarili yaong mga nagkakaladkad tungong simbahan sa kanilang mga anak at kamag-anak na lubusang hindi naniniwala, at nagpapakita lamang sila ng kabaitan. Nakatuon lamang ang mga taong ito sa pagiging mapagmahal, naniniwala man sila o hindi o kung kalooban man ito ng Diyos. Dinadala ng ilan ang kanilang esposa sa harap ng Diyos, o kinakaladkad ang kanilang mga magulang sa harap ng Diyos, at sumasang-ayon man sa kanila o hindi ang Banal na Espiritu o gumagawa sa kanila, walang taros silang nagpapatuloy sa “pag-ampon ng matatalinong tao” para sa Diyos. Anong pakinabang ang maaaring makamit mula sa pagpapaabot ng kabaitan sa mga walang pananalig na ito? Kahit na nagsusumikap sila, na walang presensya ng Banal na Espiritu, na sundan ang Diyos, hindi pa rin sila maililigtas tulad ng maaaring paniwala ng tao. Yaong mga makakayang tumanggap ng kaligtasan sa totoo ay hindi ganoon kadalang matamo. Lubos na walang kakayahan na magawang ganap ang mga tao na hindi sumailalim sa gawain at mga pagsubok ng Banal na Espiritu, at hindi nagawang perpekto ng Diyos na nagkatawang-tao. Samakatuwid, mula sa sandaling simulan nilang sundan sa turing ang Diyos, salat sa presensya ng Banal na Espiritu ang mga taong iyon. Dala ng kanilang mga kalagayan at tunay na katayuan, hindi sila magagawang ganap nang gayon-gayon lamang. Sa gayon, nagpapasya ang Banal na Espiritu na huwag gumugol ng gaanong sigla sa kanila, o nagkakaloob Siya ng anumang kaliwanagan o ginagabayan sila sa anumang paraan; pinahihintulutan lamang Niya silang makisunod, at ilalahad sa huli ang mga kalalabasan nila—sapat na ito. Ang sigasig at mga layunin ng sangkatauhan ay mula kay Satanas, at hindi makakaya ng mga bagay na ito sa anumang paraan na gawing ganap ang gawain ng Banal na Espiritu. Anupaman ang mga tao, dapat silang magtaglay ng gawain ng Banal na Espiritu. Maaari bang gawing ganap ng mga tao ang mga tao? Bakit minamahal ng isang lalaki ang kanyang asawa? Bakit minamahal ng isang babae ang kanyang asawa? Bakit masunurin ang mga anak sa kanilang mga magulang? Bakit mahal na mahal ng mga magulang ang kanilang mga anak? Anong uring mga layon ang tunay na kinikimkim ng mga tao? Ang layon ba nila ay hindi upang matugunan ang sarili nilang mga plano at mga makasariling pagnanasa? Tunay bang ibig nilang kumilos alang-alang sa plano ng pamamahala ng Diyos? Tunay nga bang kumikilos sila alang-alang sa gawain ng Diyos? Ang layon ba nila ay tuparin ang tungkulin ng isang nilikhang nilalang? Yaong mga hindi nagagawang matamo ang presensya ng Banal na Espiritu mula noong sandaling nagsimula silang maniwala sa Diyos ay hindi kailanman makakayang makamit ang gawain ng Banal na Espiritu; ang mga taong ito ay tiyak na mga pakay na wawasakin. Gaano man kalaki ang pagmamahal na mayroon ang isang tao para sa kanila, hindi nito makakayang halinhan ang gawain ng Banal na Espiritu. Kumakatawan ang sigasig at pagmamahal ng mga tao sa mga layunin ng tao, ngunit hindi maaaring kumatawan ang mga ito sa mga layunin ng Diyos, at o hindi maaaring ipanghalili sa gawain ng Diyos. Kahit na ipinaabot ng isang tao ang

pinakamalaking posibleng dami ng pagmamahal o awa sa mga tao na naniniwala sa turing sa Diyos at nagpapanggap na sumusunod sa Kanya nang hindi nalalaman kung ano ang tunay na kahulugan ng maniwala sa Diyos, hindi pa rin nila matatamo ang simpatya ng Diyos, o makakamit ang gawain ng Banal na Espiritu. Kahit na mahina ang kakayahan ng mga tao na taos-pusong sinusundan ang Diyos at hindi magawang maunawaan ang maraming katotohanan, makakaya pa rin nila na paminsan-minsang makamit ang gawain ng Banal na Espiritu; gayunman, yaong mga may masyadong mahusay na kakayahan, ngunit hindi taos-pusong naniniwala, ay hindi basta makakamit ang presensya ng Banal na Espiritu. Walang lubos na posibilidad para sa kaligtasan ng gayong mga tao. Kahit binabasa nila ang mga salita ng Diyos o paminsan-minsang pinakikinggan ang mga pangaral, o kahit inaawit ang mga papuri sa Diyos, sa huli ay hindi nila magagawang makaligtas hanggang sa oras ng pamamahinga. Masugid mang naghahangad ang mga tao ay hindi natutukoy sa pamamagitan ng kung paano sila hinahatulan ng iba o kung paano sila tinitingnan ng mga tao sa kanilang paligid, ngunit sa pamamagitan ng kung gumagawa ang Banal na Espiritu sa kanila at kung natamo na nila ang presensya ng Banal na Espiritu. Bukod dito, nakabatay ito sa kung magbabago ba ang kanilang mga disposisyon at sa nakamit na ba nila ang anumang kaalaman sa Diyos matapos sumailalim sa gawain ng Banal na Espiritu sa loob ng isang tiyak na panahon. Kung gumagawa ang Banal na Espiritu sa isang tao, unti-unting magbabago ang disposisyon ng taong ito, at unti-unting lalagong higit na dalisay ang pananaw niya sa paniniwala sa Diyos. Gaano man katagal sinusundan ng mga tao ang Diyos, hangga't nagbago sila, nangangahulugan itong gumagawa sa kanila ang Banal na Espiritu. Kung hindi pa sila nagbago, nangangahulugan itong hindi gumagawa sa kanila ang Banal na Espiritu. Magbigay man ang mga taong ito ng ilang paglilingkod, ang nagtutulak sa kanilang gawin ito ay ang pagnanais na makatanggap ng mga pagpapala. Hindi makakayang pumalit ng paminsan-minsang paggawa ng paglilingkod sa pagdanas sa pagbabago sa kanilang mga disposisyon. Sa huli, wawasakin pa rin sila, dahil hindi na kakailanganin sa kaharian ang mga tagapagsilbi, o hindi na rin kakailanganin para sa sinumang hindi nagbago ang disposisyon upang magbigay ng serbisyo sa mga taong nagawang perpekto na at matatapat sa Diyos. Yaong mga salitang sinabi sa nakaraan, "Kapag naniniwala ang isang tao sa Panginoon, ngumingiti ang kapalaran sa buong pamilya ng isang tao," ay angkop para sa Kapanahunan ng Biyaya, ngunit walang kaugnayan sa hantungan ng sangkatauhan. Naaangkop lamang ang mga ito para sa isang yugto noong Kapanahunan ng Biyaya. Nakatuon ang pahiwatig ng mga salitang iyon sa biyayang pangkapayapaan at panlupa na tinamasa ng mga tao; hindi nangangahulugan ang mga ito na ang buong pamilya ng isang tao na naniniwala sa Panginoon ay maililigtas, ni hindi nangangahulugan ang mga ito na kapag nakakatanggap ang isang tao ng mga pagpapala, makakaya ring madala sa pamamahinga ang buong pamilya niya. Tumatanggap man ng mga pagpapala ang isang tao o nagdurusa sa kasawian ay natutukoy ayon sa diwa ng isang tao, at hindi ayon sa anumang karaniwang diwang maaaring ibahagi ng isang tao sa iba.

Wala na nga lamang puwang sa kaharian ang ganoong uring kasabihan o panuntunan. Kung sa huli ay magagawang makaligtas ng isang tao, ito ay dahil natugunan niya ang mga hinihingi ng Diyos, at kung sa huli ay hindi niya magagawang manatili hanggang sa oras ng pamamahinga, ito ay dahil naging masuwayin siya sa Diyos at hindi natugunan ang mga hinihingi ng Diyos. May angkop na hantungan ang lahat. Natutukoy ang mga hantungan ito ayon sa diwa ng bawat tao, at ganap na walang kinalaman sa ibang mga tao. Ang buktot na pag-uugali ng isang bata ay hindi maililipat sa kanyang mga magulang, o hindi maibabahagi sa mga magulang ang pagkamatuwid ng isang bata. Hindi maililipat sa kanyang mga anak ang buktot na pag-uugali ng isang magulang, o hindi maibabahagi sa kanyang mga anak ang pagkamatuwid ng isang magulang. Pinapasan ng lahat ang kani-kaniyang mga kasalanan, at tinatamasa ng lahat ang kani-kaniyang mga pagpapala. Walang sinuman ang maaaring maging panghalili sa isa pang tao; ito ang pagiging matuwid. Sa pananaw ng tao, kung tumatanggap ng mga pagpapala ang mga magulang, kung gayon ay dapat tumanggap din ang kanilang mga anak, at kung gumagawa ng masama ang mga anak, dapat magsisi ang kanilang mga magulang para sa mga kasalananang iyon. Isa itong pananaw ng tao at isang paraan ng tao sa paggawa ng mga bagay; hindi ito pananaw ng Diyos. Natutukoy ang kalalabasan ng lahat ayon sa diwang nagmumula sa kanilang asal, at palagi itong angkop na natutukoy. Walang sinumang makapapasan sa mga kasalanan ng iba; higit pa, walang sinumang makatatanggap ng kaparusahan na nauukol sa iba. Ito ay lubos. Ang mapagmahal na pag-aaruga ng isang magulang sa kanyang mga anak ay hindi nagpapahiwatig na makakaya niyang gampanan ang mga gawang matuwid sa halip ng kanyang mga anak, o ang masunuring pagkamagiliw ng isang anak sa kanyang mga magulang ay nangangahulugang makakaya niyang gampanan ang mga gawang matuwid sa halip ng kanyang mga magulang. Ito ang tunay na pakahulugan ng mga salitang, “Kung gayon ay magkakaroon ng dalawa sa larangan; ang isa ay kukunin, at ang isa ay iiwan. Maggigiling sa kiskisan ang dalawang babae; ang isa ay kukunin, at ang isa ay iiwan.” Hindi madadala ng mga tao sa pamamahinga ang mga anak nilang gumagawa ng masama batay sa malalim nilang pagmamahal sa kanila, o hindi madadala ng sinuman sa pamamahinga ang kanyang asawa batay sa matuwid nilang asal. Isa itong administratibong panuntunan; hindi maaaring magkaroon ng mga pagtatangi para sa sinuman. Sa huli, ang mga gumagawa ng pagkamatuwid ay mga gumagawa ng pagkamatuwid, at ang mga tagagawa ng masama ay mga tagagawa ng masama. Tutulutang makaligtas sa kalaunan ang mga matuwid, samantalang wawasakin ang mga tagagawa ng masama. Ang mga banal ay mga banal; hindi sila madumi. Ang madudumi ay madudumi, at walang isa mang bahagi nila ang banal. Ang mga taong wawasakin ay ang lahat ng mga buktot, at ang mga makaliligtas ay ang lahat ng mga matuwid—kahit pa gumaganap ng mga matuwid na gawa ang mga anak ng mga buktot, at kahit pa gumagawa ng masasamang gawa ang mga magulang ng mga matuwid. Walang ugnayan sa pagitan ng isang naniniwalang esposo at ng hindi naniniwalang esposa, at walang

ugnayan sa pagitan ng mga naniniwalang anak at mga di-naniniwalang magulang; ganap na hindi magkaayon ang dalawang uring ito ng mga tao. Bago pumasok sa pamamahinga, may pisikal na mga kamag-anak ang isang tao, ngunit sa sandaling pumasok sa pamamahinga ang isang tao, wala na siyang anumang pisikal na mga kamag-anak na masasabi. Yaong mga gumagawa ng kanilang tungkulin ay mga kaaway ng mga yaong hindi gumagawa ng kanilang tungkulin; yaong mga nagmamahal sa Diyos at yaong mga napopoot sa Kanya ay magkasalungat sa isa't isa. Yaong mga papasok sa pamamahinga at yaong mga nawasak na ay dalawang di-magkaayong uri ng mga nilalang. Ang mga nilalang na tumutupad sa kanilang mga tungkulin ay magagawang makaligtas, habang yaong mga hindi tumutupad sa kanilang mga tungkulin ay magiging mga pakay ng pagkawasak; higit pa rito, magtatagal ito hanggang sa kawalang-hanggan. Minamahal mo ba ang iyong esposo upang matupad ang tungkulin mo bilang isang nilikhang nilalang? Minamahal mo ba ang iyong esposa upang tuparin ang tungkulin mo bilang isang nilikhang nilalang? Masunurin ka ba sa mga magulang mong hindi naniniwala upang tuparin ang tungkulin mo bilang isang nilikhang nilalang? Tama ba o mali ang pananaw ng tao hinggil sa paniniwala sa Diyos? Bakit ka naniniwala sa Diyos? Ano ang nais mong makamit? Paano mo minamahal ang Diyos? Yaong mga hindi makatupad sa kanilang mga tungkulin bilang mga nilikhang nilalang, at hindi makagawa ng sagarang pagsisikap, ay magiging mga pakay ng pagkawasak. May mga pisikal na ugnayang umiiral sa pagitan ng mga tao ng ngayon, gayundin ang mga pagkakaugnay sa dugo, ngunit sa hinaharap, babasagin ang lahat ng ito. Hindi magkatugma ang mga mananampalataya at ang mga di-mananampalataya; bagkus ay magkasalungat sila sa isa't isa. Yaong mga nasa pamamahinga ay maniniwala na may Diyos at magpapasakop sa Diyos, samantalang yaong mga masuwayin sa Diyos ay pawang mawawasak. Hindi na iiral sa lupa ang mga pamilya; paano pa magkakaroon ng mga magulang o mga anak o mga ugnayan ng mag-asawa? Ang mismong hindi pagkakatugma ng paniniwala at kawalang-paniniwala ay lubos na papatid sa gayong mga pisikal na ugnayan!

Sa una ay walang mga pamilya sa sangkatauhan; isang lalaki at isang babae lamang ang umiiral—dalawang magkaibang uri ng mga tao. Walang mga bansa, lalong walang mga pamilya, ngunit bunga ng pagkatiwali ng sangkatauhan, binuo ng lahat ng uri ng mga tao ang kanilang mga sarili sa isahang mga angkan, na di naglaon ay umunlad sa mga bansa at mga lahi. Kabilang sa mga bansa at lahing ito ang maliliit na isahang pamilya, at sa ganitong paraan, naikalat ang lahat ng uri ng mga tao sa iba't ibang lahi batay sa mga pagkakaiba sa wika at mga hangganan. Ang totoo, gaano karaming lahi man mayroon sa daigdig, may iisang ninuno lamang ang sangkatauhan. Sa simula, may dalawang uri lamang ng mga tao, at ang dalawang uring ito ay mga lalaki at mga babae. Gayunman, dahil sa pagsulong ng gawain ng Diyos, sa kilos ng kasaysayan, at sa mga pagbabagong pang-heograpiya, bumuo sa iba't ibang antas ang dalawang uri ng mga taong ito ng higit pang iba't ibang uri ng mga tao. Sa batayan, gaano man karaming

mga lahi ang maaaring bumuo sa sangkatauhan, likha pa rin ng Diyos ang lahat ng sangkatauhan. Sa anupamang mga lahi nabibilang ang mga tao, silang lahat ay mga nilalang Niya; mga inapo silang lahat nina Adan at Eba. Bagama't hindi sila ginawa ng mga kamay ng Diyos, mga inapo sila nina Adan at Eba, na nilikha mismo ng Diyos. Sa aling uri man ng pagkatao nabibilang ang mga tao, silang lahat ay mga nilalang Niya; yamang nabibilang sila sa sangkatauhan, na nilikha ng Diyos, ang kanilang hantungan ay yaong dapat taglayin ng sangkatauhan, at hinati-hati sila ayon sa mga panuntunang nagbubuo sa mga tao. Ibig sabihin, ang lahat ng tagagawa ng masama at ang lahat ng matuwid, pagkaraan ng lahat, ay mga nilalang. Wawasakin sa huli ang mga nilalang na gumagawa ng masama, at makaliligtas ang mga nilalang na ginagampanan ang mga matuwid na gawa. Ito ang pinakaangkop na pagsasaayos para sa dalawang uri ng mga nilalang na ito. Dahil sa kanilang pagsuway, hindi maitatatwa ng mga tagagawa ng masama na bagama't mga likha sila ng Diyos, inagaw na sila ni Satanas, at samakatuwid ay hindi maililigtas. Batay sa katunayang makaliligtas sila, ang mga nilalang na umaasal nang matuwid sa kanilang mga sarili, ay hindi makapagtatatwang nilikha sila ng Diyos subalit tumanggap na ng kaligtasan matapos magawa nang tiwali ni Satanas. Ang mga tagagawa ng masama ay mga nilalang na masuwayin sa Diyos; mga nilalang sila na hindi maililigtas at lubusan nang binihag ni Satanas. Mga tao rin ang mga taong gumagawa ng masama; mga tao silang nagawa nang tiwali sa kasukdulan, at hindi maililigtas. Dahil sila ay mga nilalang din, nagawa na ring tiwali ang mga taong matuwid ang asal, ngunit mga tao silang handang kumalas sa kanilang mga tiwaling disposisyon at nagkaroon na ng kakayahang magpasakop sa Diyos. Hindi umaapaw sa pagkamatuwid ang mga taong matuwid ang asal; bagkus, nakatanggap na sila ng kaligtasan at nakakalas na sa kanilang mga tiwaling disposisyon; makapagpapasakop sila sa Diyos. Magiging matatag sila sa katapusan, bagama't hindi iyan pagsasabi na hindi sila kailanman nagawang tiwali ni Satanas. Pagkaraang matapos ang gawain ng Diyos, magkakaroon ng mga wawasakin at mga makaliligtas sa lahat ng mga nilikha Niya. Isa itong hindi maiiwasang tunguhin sa gawain ng pamamahala Niya; walang sinumang makapagtatatwa nito. Hindi tutulutang makaligtas ang mga tagagawa ng masama; tiyak na makaliligtas yaong mga nagpapasakop at sumusunod sa Diyos hanggang sa katapusan. Yayamang ang gawaing ito ay ang pamamahala sa sangkatauhan, magkakaroon ng mga mananatili at mga aalisin. Ito ang iba't ibang kalalabasan para sa iba't ibang uri ng mga tao, at ang mga ito ang pinakaangkop na mga pagsasaayos para sa mga nilikha ng Diyos. Ang panghuling pagsasaayos ng Diyos para sa sangkatauhan ay ang hatiin sila sa pamamagitan ng pagsira sa mga pamilya, pagdurog sa mga lahi, at pagbasag sa mga pambansang hangganan sa isang pagsasaayos na walang mga pamilya o mga pambansang hangganan, dahil ang mga tao, sa ano't anuman, ay nagmula sa iisang ninuno at mga nilikha ng Diyos. Sa madaling salita, ang mga nilalang na gumagawa ng masama ay wawasaking lahat, at ang mga nilalang na sumusunod sa Diyos ay makaliligtas. Sa ganitong paraan, wala nang magiging mga pamilya, walang mga bansa, at lalong walang

mga lahi sa paparating na oras ng pamamahinga; magiging pinakabanal na uri ng sangkatauhan ang ganitong uri ng sangkatauhan. Nilikha sa simula sina Adan at Eba upang makapag-aruga ang sangkatauhan sa lahat ng mga bagay sa lupa; ang mga tao ang unang mga dalubhasa ng lahat ng mga bagay. Ang hangarin ni Jehova sa paglalang sa mga tao ay upang matulutan silang umiral sa lupa at upang mag-aruga sa lahat ng mga bagay dito, dahil hindi nagawang tiwali sa simula ang sangkatauhan at walang kakayahang gumawa ng masama. Gayunman, pagkaraang maging tiwali ang mga tao, hindi na sila ang mga tagapag-alaga ng lahat ng mga bagay. Ang layunin ng pagliligtas ng Diyos ay upang maipanumbalik ang tungkuling ito ng sangkatauhan, upang maipanumbalik ang unang katwiran at ang unang pagkamasunurin ng sangkatauhan; ang sangkatauhan sa pamamahinga ang magiging mismong pagkakatawan ng bungang inaasahan ng Diyos na matatamo sa gawain Niya ng pagliligtas. Bagama't hindi na ito magiging isang buhay na tulad ng sa Hardin ng Eden, magiging ganoon din ang diwa ng mga ito; ang sangkatauhan ay hindi na lamang magiging ang nauna nilang dinatiwaling sarili, bagkus ay isang sangkatauhang naging tiwali at pagkaraan ay tumanggap ng kaligtasan. Sa huli, ang mga taong ito na tumanggap na ng kaligtasan (iyan ay, pagkaraang tapos na ang gawain ng Diyos) ay papasok sa pamamahinga. Gayundin, ang mga kahihinatnan ng mga yaong parurusahan ay ganap ding mahahayag sa katapusan, at wawasakin lamang sila pagkaraang natapos na ang gawain ng Diyos. Sa madaling salita, pagkaraang natapos na ang gawain Niya, ilalantad lahat yaong mga tagagawa ng masama at yaong mga nailigtas na, dahil ang gawain ng paglalantad ng lahat ng mga uri ng mga tao (tagagawa man sila ng masama o kabilang sa yaong mga iniligtas) ay isasakatuparan sa lahat nang sabay-sabay. Aalisin ang mga tagagawa ng masama, at ihahayag nang sabay-sabay yaong mga pinahihintulutang manatili. Samakatuwid, ihahayag nang sabay-sabay ang kahihinatnan ng lahat ng mga uri ng mga tao. Hindi pahihintulutan ng Diyos ang isang pangkat ng mga tao na nadalhan na ng kaligtasan na pumasok sa pamamahinga bago isaisantabi ang mga tagagawa ng masama at hatulan o parusahan sila nang paunti-unti; hindi iyan magiging kaayon sa mga katunayan. Kapag winasak ang mga tagagawa ng masama at pumasok sa pamamahinga yaong mga maaaring makaligtas, magiging ganap ang gawain ng Diyos sa buong sansinukob. Hindi magkakaroon ng ayos ng pagkauna sa yaong mga tumatanggap ng mga pagpapala at yaong mga nagdurusa sa kasawian; mabubuhay kailanman yaong mga tumatanggap ng mga pagpapala, samantalang mamamatay sa kawalang-hanggan yaong mga nagdurusa sa kasawian. Tatapusin nang sabay-sabay ang dalawang hakbang na ito ng gawain. Mismong dahil sa pag-iral ng masusuwaying tao kaya mahahayag ang pagkamatuwid ng mga nagpapasakop, at ito ay mismong dahil may mga tumanggap na ng mga pagpapala na mahahayag ang kasawiang dinanas ng mga tagagawa ng masama dahil sa buktot nilang pag-uugali. Kung hindi inilantad ng Diyos ang mga tagagawa ng masama, ang mga taong taimtim na nagpapasakop sa Diyos ay hindi kailanman makikita ang araw; kung hindi dinala ng Diyos sa isang angkop na

hantungan yaong mga nagpapasakop sa Kanya, hindi magagawang tanggapin ng mga masuwayin sa Diyos ang nararapat nilang ganti. Ito ang pamamaraan ng gawain ng Diyos. Kung hindi Niya isinakatuparan ang gawaing ito ng pagpaparusa sa masama at pagbibigay-pala sa mabuti, hindi kailanman magagawa ng mga nilalang Niya na makapasok sa kani-kanilang mga hantungan. Sa sandaling pumasok sa pamamahinga ang sangkatauhan, nawasak na ang mga tagagawa ng masama at mapupunta sa tamang landas ang lahat ng sangkatauhan; makakasama ng lahat ng uri ng mga tao ang kanilang kauri alinsunod sa mga tungkulin na dapat nilang isakatuparan. Tanging ito ang magiging araw ng pamamahinga ng sangkatauhan, ito ang walang pagsalang magiging tunguhin para sa pagpapaunlad ng sangkatauhan, at tanging kapag nakapasok sa pamamahinga ang sangkatauhan maaabot ang pagtatapos ng dakila at huling mga tagumpay ng Diyos; ito ang magiging pangwakas na bahagi ng gawain Niya. Ang gawaing ito ang tatapos sa lahat ng bulok na buhay ng laman ng sangkatauhan, gayundin ang buhay ng tiwaling sangkatauhan. Simula roon, papasok ang mga tao sa isang bagong kinasasaklawan. Bagama't mamumuhay sa laman ang lahat ng tao, magkakaroon ng mga makabuluhang kaibhan sa pagitan ng diwa ng buhay na ito at sa buhay ng tiwaling sangkatauhan. Nagkakaiba rin ang kabuluhan ng pag-iral na ito at ng pag-iral ng tiwaling sangkatauhan. Bagama't hindi ito ang magiging buhay ng isang bagong uri ng tao, masasabi na buhay ito ng isang sangkatauhang tumanggap ng kaligtasan, at isang buhay na rin na kung saan nabawi na ang pagkatao at katwiran. Mga tao itong minsan nang naging masuwayin sa Diyos, na nalupig na ng Diyos at pagkaraan ay iniligtas Niya; mga tao itong nagbigay-kahihiyan sa Diyos at pagkaraan ay nagpatotoo sa Kanya. Matapos silang sumailalim at makaligtas sa Kanyang pagsusulit, ang kanilang pag-iral ay magiging ang pinakamakahulugang pag-iral; mga tao silang nagpatotoo sa Diyos sa harap ni Satanas, at mga tao na akmang mabuhay. Yaong mga wawasakin ay ang mga hindi makayang nagpatotoo sa Diyos at hindi akmang patuloy na mabuhay. Magiging bunga ng buktot nilang pag-uugali ang kanilang pagkawasak, at ang gayong pagpuksa ang pinakamainam na hantungan para sa kanila. Sa hinaharap, kapag pumasok ang sangkatauhan sa marikit na dako, mawawala na ang mga ugnayan sa pagitan ng mag-asawa, sa pagitan ng ama at anak na babae, o sa pagitan ng ina at anak na lalaki na inaakala ng mga tao na kanilang matatagpuan. Sa oras na iyon, susundan ng bawat tao ang sarili niyang uri, at ang mga pamilya ay nabasag na. Dahil sa ganap na pagkabigo, hindi na muling gagambalain ni Satanas ang sangkatauhan, at hindi na magkakaroon ng mga tiwaling satanikong disposisyon ang mga tao. Nawasak na yaong mga masusuwaying tao, at tanging ang mga tao na nagpapasakop ang mananatili. Sa gayon, kakaunting pamilya ang buong makaliligtas; paano makapagpapatuloy sa pag-iral ang mga pisikal na ugnayan? Lubos na ipagbabawal ang dating buhay sa laman ng sangkatauhan; paano makaiiral, kung gayon, ang mga pisikal na ugnayan sa pagitan ng mga tao? Kung walang mga tiwaling satanikong disposisyon, ang buhay ng tao ay hindi na magiging ang lumang buhay ng nakaraan, bagkus ay isang bagong buhay. Mawawalan

ng mga anak ang mga magulang, at mawawalan ng mga magulang ang mga anak. Mawawalan ng esposa ang mga esposo, at mawawalan ng esposa ang mga esposo. Kasalukuyang umiiral ang mga pisikal na ugnayan sa pagitan ng mga tao, ngunit hindi na iiral ang mga ito sa sandaling pumasok sa pamamahinga ang lahat. Tanging ang ganitong uri ng sangkatauhan ang magtataglay ng pagkamatuwid at kabanalan; tanging ang ganitong uri ng sangkatauhan ang makasasamba sa Diyos.

Nilikha ng Diyos ang sangkatauhan at inilagay sila sa lupa, at inakay Niya sila magmula noon. Sila ay iniligtas Niya pagkaraan at nagsilbi bilang isang handog para sa kasalanan para sa sangkatauhan. Sa katapusan, dapat pa rin Niyang lupigin ang sangkatauhan, ganap na iligtas ang mga tao, at ibalik sila sa kanilang unang wangis. Ito ang gawaing sinangkutan Niya sa simula pa lamang—ang pagpapanumbalik sa sangkatauhan sa una nitong larawan at wangis. Itatag ng Diyos ang kaharian Niya at ipanunumbalik ang unang wangis ng mga tao, na nangangahulugang ipapanumbalik ng Diyos ang awtoridad Niya sa lupa at sa gitna ng lahat ng sangnilikha. Naiwala ng sangkatauhan ang puso nilang may takot sa Diyos gayundin ang tungkuling nasa pananagutan ng mga nilalang ng Diyos matapos gawing tiwali ni Satanas, kaya't naging isang kaaway na masuwayin sa Diyos. Namuhay pagkaraan ang sangkatauhan sa ilalim ng nasasakupan ni Satanas at sinunod ang mga utos ni Satanas; sa gayon, walang paraan ang Diyos upang gumawa sa gitna ng mga nilikha Niya, at lalong hindi nagawang pagwagian ang kanilang natatakot na pagpipitagan. Ang mga tao ay nilikha ng Diyos, at dapat sumamba sa Diyos, ngunit totoong tinalikuran nila Siya at sa halip ay sumamba kay Satanas. Naging diyos-diyosan si Satanas sa kanilang mga puso. Sa gayon, nawalan ang Diyos ng katayuan sa kanilang mga puso, na ang ibig sabihin ay nawalan Siya ng kahulugan sa likod ng paglikha Niya sa sangkatauhan. Samakatuwid, upang mapanumbalik ang kahulugan sa likod ng paglikha Niya sa sangkatauhan, dapat Niyang maipanumbalik ang una nilang wangis at tanggalan ang sangkatauhan ng kanilang tiwaling disposisyon. Upang mabawi ang mga tao mula kay Satanas, dapat Niyang iligtas sila mula sa kasalanan. Tanging sa ganitong paraan Niya unti-unting maipanunumbalik ang una nilang wangis at tungkulin, at sa wakas, ay mapanunumbalik ang kaharian Niya. Ang pangwakas na pagwasak ng yaong mga anak ng pagsuway ay isasakatuparan din upang tulutan ang mga tao na higit na mahusay na sambahin ang Diyos at mamuhay sa lupa nang higit na maayos. Sapagkat nilikha ng Diyos ang mga tao, gagawin Niyang sambahin Siya nila; sapagkat ninanais Niyang maipanumbalik ang unang tungkulin ng sangkatauhan, ganap Niya itong ipapanumbalik, at nang walang pagbabawas ng bisa. Ang pagpapanumbalik ng awtoridad Niya ay nangangahulugan ng pagpapasamba at pagpapasakop sa Kanya ng mga tao; nangangahulugan ito na gagawin ng Diyos na mabuhay ang mga tao nang dahil sa Kanya at magdulot na mapahamak ang mga kaaway Niya bilang bunga ng Kanyang awtoridad. Nangangahulugan ito na sasanhiin ng Diyos na maipamalagi sa mga tao ang lahat-lahat ng tungkol sa Kanya nang walang pagtutol mula kahit kanino. Ang kahariang ninanais itatag ng Diyos ay ang sarili Niyang kaharian. Ang sangkatauhang

ninana is Niya ay yaong sasamba sa Kanya, yaong ganap na magpapasakop sa Kanya at magpapakita ng luwalhati Niya. Kung hindi ililigtas ng Diyos ang tiwaling sangkatauhan, mawawala ang kahulugan sa likod ng paglikha Niya sa sangkatauhan; mawawalan na Siya ng awtoridad sa mga tao, at hindi na magagawang umiral sa lupa ng kaharian Niya. Kung hindi wawasakin ng Diyos yaong mga kaaway na masuwayin sa Kanya, hindi Niya magagawang matamo ang ganap Niyang luwalhati, o hindi rin Niya magagawang itatag ang kaharian Niya sa lupa. Ang mga ito ang magiging mga pananda ng pagtatapos ng gawain Niya at ng mga dakilang katuparan Niya: upang lubos na wasakin yaong mga kabilang sa sangkatauhan na masuwayin sa Kanya, at upang dalhin sa pamamahinga yaong mga nagawa nang ganap. Kapag naipanumbalik na ang mga tao sa una nilang wangis, at kapag natutupad na nila ang kani-kanilang mga tungkulin, nananatili sa sarili nilang wastong kinalalagyan at nagpapasakop sa lahat ng pagsasaayos ng Diyos, natamo na ng Diyos ang isang pangkat ng mga tao na nasa lupa na sumasamba sa Kanya, at naitatag na rin Niya ang isang kaharian sa lupa na sumasamba sa Kanya. Magkakaroon Siya ng walang-hanggang tagumpay sa lupa, at ang lahat ng yaong mga sumasalungat sa Kanya ay mapapahamak sa lahat ng kawalang-hanggan. Ipanunumbalik nito ang una Niyang layunin sa paglikha sa sangkatauhan; ipanunumbalik nito ang layunin Niya sa paglikha ng lahat ng mga bagay, at ipanunumbalik din nito ang awtoridad Niya sa lupa, sa gitna ng lahat ng mga bagay, at sa gitna ng mga kaaway Niya. Ang mga ito ang magiging mga sagisag ng ganap Niyang tagumpay. Mula roon, papasok ang sangkatauhan sa pamamahinga at sisimulan ang buhay na nasa tamang landas. Papasok din sa walang-hanggang pamamahinga ang Diyos kasama ang sangkatauhan, at magsisimula ng isang walang-hanggang buhay na kapwa pagsasaluhan Niya at ng mga tao. Naglaho na ang dungis at pagsuway sa lupa, at humupa na ang lahat ng pagtangis, at tumigil na sa pag-iral ang lahat-lahat ng nasa daigdig na sumasalungat sa Diyos. Tanging ang Diyos at yaong mga taong dinalhan Niya ng kaligtasan ang mananatili; tanging ang nilikha Niya ang mananatili.

**ANG MGA SALITA NI CRISTO
NANG SIYA'Y NAGLAKAD
SA MGA IGLESIA
IV**

(1994 HANGGANG MARSO 23, 2010)

Kapag Namasdan Mo Na ang Espirituwal na Katawan ni Jesus, Napanibago na ng Diyos ang Langit at Lupa

Nais mo bang makita si Jesus? Nais mo bang makapiling si Jesus? Nais mo bang marinig ang mga salitang sinasambit ni Jesus? Kung gayon, paano mo sasalubungin ang pagbalik ni Jesus? Handang-handa ka na ba? Sa anong paraan mo sasalubungin ang pagbalik ni Jesus? Sa palagay Ko bawat kapatid na lalaki at babae na sumusunod kay Jesus ay gugustuhing bigyan Siya ng malugod na pagsalubong. Ngunit naisip na ba ninyo ito: Talaga bang makikilala mo si Jesus kapag nagbalik Siya? Talaga bang maiintindihan ninyo ang lahat ng sinasabi Niya? Talaga bang tatanggapin ninyo, nang walang-pasubali, ang lahat ng gawaing ginagawa Niya? Alam ng lahat ng nakabasa na ng Bibliya ang tungkol sa pagbabalik ni Jesus, at lahat ng nakabasa na ng Bibliya ay taimtim na naghihintay sa Kanyang pagdating. Nakatutok kayong lahat sa pagdating ng sandaling iyon, at kapuri-puri ang inyong katapatan, talagang nakakainggit ang inyong pananampalataya, ngunit natatanto ba ninyo na nakagawa kayo ng malaking pagkakamali? Sa anong paraan babalik si Jesus? Naniniwala kayo na si Jesus ay babalik na sakay ng puting ulap, ngunit ito ang tanong Ko sa inyo: Ano ang tinutukoy ng puting ulap na ito? Sa napakaraming tagasunod ni Jesus na naghihintay sa Kanyang pagbalik, kanino Siya bababa? Kung sa inyo unang bababa si Jesus, hindi ba ito ituturing ng iba na lubhang hindi patas? Alam Ko na napakataimtim at napakatapat ninyo kay Jesus, ngunit nakaharap na ba ninyo si Jesus? Alam ba ninyo ang Kanyang disposisyon? Nakapiling na ba ninyo Siya? Gaano ba talaga ang inyong nauunawaan tungkol sa Kanya? Sasabihin ng ilan na naaasiwa sila sa mga salitang ito. Sasabihin nilang, “Napakaraming beses ko nang nabasa ang Bibliya mula simula hanggang wakas. Paanong hindi ko mauunawaan si Jesus? Huwag na nating isipin ang disposisyon ni Jesus—alam ko pa nga ang kulay ng mga damit na gusto Niyang isuot. Hindi Mo ba ako hinahamak kapag sinasabi Mo na hindi ko Siya nauunawaan?” Iminumungkahi Ko na huwag kang makipagtalo sa mga isyung ito; mas mabuti pang huminahon ka at makibahagi tungkol sa sumusunod na mga tanong: Una, alam mo ba kung ano ang realidad, at kung ano ang teorya? Pangalawa, alam mo ba kung ano ang mga kuru-kuro, at kung ano ang katotohanan? Pangatlo, alam mo ba kung ano ang inakala, at kung ano ang totoo?

Ikinakaila ng ilang tao ang katunayan na hindi nila nauunawaan si Jesus. Subalit sinasabi Ko na hindi ninyo Siya nauunawaan kahit katiting, at hindi ninyo naiintindihan ni isang salita ni Jesus. Iyan ay dahil bawat isa sa inyo ay sumusunod sa Kanya dahil sa mga salaysay sa Bibliya, dahil sa sinabi ng iba. Hindi pa ninyo nakita si Jesus kailanman, ni nakapiling Siya, at hindi pa nga ninyo Siya nasamahan kahit sandali. Sa gayon, hindi ba teorya lamang ang pagkaunawa ninyo tungkol kay Jesus? Hindi ba wala itong katotohanan? Marahil ay nakita na ng ilang tao ang larawan ni Jesus, o personal nang nabisita ng ilan ang tahanan ni Jesus. Nahawakan na siguro ng ilan ang damit ni

Jesus. Subalit ang pagkaunawa mo sa Kanya ay teoretikal pa rin at hindi praktikal, kahit personal mo nang natikman ang pagkaing kinain ni Jesus. Anuman ang sitwasyon, hindi mo pa nakita si Jesus kailanman, hindi mo pa Siya nakasama kailanman sa anyo ng katawang-tao, kaya nga ang pagkaunawa mo kay Jesus ay laging hungkag na teorya na walang katotohanan. Marahil ay hindi ka gaanong interesado sa Aking mga salita, ngunit ito ang tanong Ko sa iyo: Bagama't maaaring marami ka nang nabasang akda ng manunulat na pinakahinahangaan mo, lubos mo ba siyang mauunawaan kahit hindi mo pa siya nakasama kailanman? Alam mo ba ang kanyang personalidad? Alam mo ba ang uri ng kanyang pamumuhay? May alam ka ba tungkol sa kanyang nadarama? Ni hindi mo nga lubos na maunawaan ang isang taong hinahangaan mo, paano mo pa kaya posibleng mauunawaan si Jesucristo? Lahat ng nauunawaan mo tungkol kay Jesus ay puno ng mga imahinasyon at kuru-kuro at walang katotohanan o realidad. Nangangamoy ito at puno ng laman. Paano ka magiging karapat-dapat na salubungin si Jesus kung ganyan ang pagkaunawa mo? Hindi tatanggapin ni Jesus ang mga taong puno ng mga pantasya at kuru-kuro ng laman. Paano nagiging akmang mananampalataya kay Jesus ang mga taong hindi nakakaunawa sa Kanya?

Nais ba ninyong malaman ang pinag-ugatan ng paglaban ng mga Pariseo kay Jesus? Nais ba ninyong malaman ang diwa ng mga Pariseo? Puno sila ng mga pantasya tungkol sa Mesiyas. Bukod pa ryan, naniwala lamang sila na darating ang Mesiyas, subalit hindi nila hinahangad ang katotohanan ng buhay. Kaya nga, kahit ngayon ay hinihintay pa rin nila ang Mesiyas, sapagkat wala silang kaalaman tungkol sa landas ng buhay, at hindi nila alam kung ano ang landas ng katotohanan. Paano ninyo nasasabi na matatamo ng gayon kahangal, katigas ang ulo at kamangmang na mga tao ang pagpapala ng Diyos? Paano nila mamamasdan ang Mesiyas? Kinalaban nila si Jesus dahil hindi nila alam ang direksyon ng gawain ng Banal na Espiritu, dahil hindi nila alam ang landas ng katotohanang binanggit ni Jesus, at, bukod pa ryan, dahil hindi nila naunawaan ang Mesiyas. At dahil hindi pa nila nakita ang Mesiyas kailanman at hindi pa nila nakasama ang Mesiyas kailanman, nagawa nila ang pagkakamali na kumapit lamang sa pangalan ng Mesiyas habang kinakalaban ang diwa ng Mesiyas sa lahat ng posibleng paraan. Ang diwa ng mga Pariseong ito ay mga sutil, mapagmataas, at hindi sumunod sa katotohanan. Ang prinsipyo ng kanilang paniniwala sa Diyos ay: Gaano man kalalim ang pangangaral Mo, gaano man kataas ang Iyong awtoridad, hindi Ikaw si Cristo maliban kung Ikaw ang tinatawag na Mesiyas. Hindi ba katawa-tawa at kakatwa ang paniniwalang ito? Tinatanong Ko pa kayo: Hindi ba napakadali para sa inyo ang gawin ang mga pagkakamali ng mga sinaunang Pariseo, yamang wala kayo ni katiting na pagkaunawa kay Jesus? Kaya mo bang mahiwatigan ang daan ng katotohanan? Talaga bang magagarantiyahan mo na hindi mo lalabanan si Cristo? Nagagawa mo bang sundan ang gawain ng Banal na Espiritu? Kung hindi mo alam kung lalabanan mo si Cristo, sinasabi Ko na nabubuhay ka na sa bingit ng kamatayan. Yaong mga hindi nakakilala sa Mesiyas ay may kakayahang lahat na kalabanin si Jesus, na tanggihan si

Jesus, na siraan Siya. Lahat ng taong hindi nakakaunawa kay Jesus ay kaya Siyang tanggihan at laitin. Bukod pa ryan, kaya nilang ituring na panlilinlang ni Satanas ang pagbalik ni Jesus, at mas maraming tao ang huhusga kay Jesus na nagbalik sa katawang-tao. Hindi ba kayo natatakot sa lahat ng ito? Ang kinakaharap ninyo ay magiging kalapastanganan sa Banal na Espiritu, pagwasak ng mga salita ng Banal na Espiritu sa mga iglesia, at pagtangga sa lahat ng ipinapahayag ni Jesus. Ano ang mapapala ninyo kay Jesus kung litung-lito kayo? Paano ninyo mauunawaan ang gawain ni Jesus kapag bumalik Siya sa katawang-tao sakay ng puting ulap, kung nagmamatigas kayong huwag kilalanin ang inyong mga pagkakamali? Sinasabi Ko ito sa inyo: Ang mga taong hindi tumatanggap ng katotohanan, subalit pikit-matang naghihintay sa pagdating ni Jesus sakay ng puting mga ulap, ay tiyak na lalapastangan sa Banal na Espiritu, at sila ang categoryang pupuksain. Hinahangad lamang ninyo ang biyaya ni Jesus, at nais lamang ninyong tamasahin ang napakaligayang dako ng langit, subalit hindi pa naman ninyo nasunod kailanman ang mga salitang sinambit ni Jesus, at hindi pa ninyo natanggap kailanman ang katotohanang ipinahayag ni Jesus nang bumalik Siya sa katawang-tao. Ano ang panghahawakan ninyo bilang kapalit ng katunayan ng pagbalik ni Jesus sakay ng puting ulap? Ang kataimtiman ba ninyo sa paulit-ulit na paggawa ng mga kasalanan, at pagkatapos ay pangungumpisal ng mga iyon, nang paulit-ulit? Ano ang iaalay ninyong sakripisyo kay Jesus na nagbabalik sakay ng puting ulap? Ang mga taon ba ng paggawa kung saan dinadakila ninyo ang inyong sarili? Ano ang panghahawakan ninyo para pagkatiwalaan kayo ng nagbalik na si Jesus? Ang inyo bang likas na kayabangan, na hindi sumusunod sa anumang katotohanan?

Ang inyong katapatan ay sa salita lamang, ang inyong kaalaman ay intelektuwal at haka-haka lamang, ang inyong mga pagpapagal ay alang-alang sa pagtatamo ng mga pagpapala ng langit, kaya nga paano kayo kailangang manampalataya? Kahit ngayon, nagbibingi-bingihan pa rin kayo sa bawat isang salita ng katotohanan. Hindi ninyo alam kung ano ang Diyos, hindi ninyo alam kung ano si Cristo, hindi ninyo alam kung paano magpitagan kay Jehova, hindi ninyo alam kung paano pumasok sa gawain ng Banal na Espiritu, at hindi ninyo alam kung paano makatukoy sa pagitan ng gawain ng Diyos Mismo at ng mga panlilinlang ng tao. Ang alam mo lamang ay husgahan ang anumang salita ng katotohanang ipinahayag ng Diyos na hindi naaayon sa iyong sariling mga kaisipan. Nasaan ang iyong kapakumbabaan? Nasaan ang iyong pagsunod? Nasaan ang iyong katapatan? Nasaan ang iyong hangaring hanapin ang katotohanan? Nasaan ang iyong pagpipitagan sa Diyos? Sinasabi Ko sa inyo, yaong mga naniniwala sa Diyos dahil sa mga tanda ay tiyak na nasa categorya ng mga pupuksain. Yaong mga walang kakayahang tanggapin ang mga salita ni Jesus na nagbalik sa katawang-tao ay tiyak na mga anak ng impiyerno, mga inapo ng arkanghel, ang categoryang isasailalim sa walang-hanggang pagkalipol. Maraming taong walang pakialam sa sinasabi Ko, ngunit nais Ko pa ring sabihin sa bawat tinatawag na banal na sumusunod kay Jesus na, kapag nakita ng sarili ninyong mga mata si Jesus na bumababa mula sa langit sakay ng puting

ulap, ito ang magiging pagpapakita sa publiko ng Araw ng katuwiran. Marahil ay magiging panahon iyon ng matinding katuwaan sa iyo, subalit dapat mong malaman na ang sandali na nasasaksihan mong bumababa si Jesus mula sa langit ay ang sandali rin ng pagbaba mo sa impiyerno para maparusahan. Iyon ang magiging panahon ng pagwawakas ng plano ng pamamahala ng Diyos at ito ay kung kailan ginagantimpalaan ng Diyos ang mabubuti at pinarurusahan ang masasama. Sapagkat magwawakas na ang paghatol ng Diyos bago pa makakita ng mga tanda ang tao, kung kailan mayroon lamang pagpapahayag ng katotohanan. Yaong mga tumatanggap sa katotohanan at hindi naghahanap ng mga tanda, at sa gayon ay napadalisan na, ay nakabalik na sa harap ng luklukan ng Diyos at nakapasok na sa yakap ng Lumikha. Yaon lamang mga nagpupumilit sa paniniwala na “Ang Jesus na hindi nakasakay sa puting ulap ay isang huwad na Cristo” ang sasailalim sa walang-hanggang kaparusahan, sapagkat naniniwala lamang sila sa Jesus na nagpapakita ng mga tanda, ngunit hindi kinikilala ang Jesus na nagpapahayag ng matinding paghatol at nagpapalabas ng tunay na daan at buhay. Kaya nga maaari lamang silang harapin ni Jesus kapag hayagan Siyang nagbabalik sakay ng puting ulap. Masyado silang sutil, masyadong tiwala sa kanilang sarili, masyadong mapagmataas. Paano gagantimpalaan ni Jesus ang gayong kababang-uri? Ang pagbabalik ni Jesus ay isang dakilang kaligtasan para sa mga may kakayahang tanggapin ang katotohanan, ngunit para sa mga hindi nagagawang tanggapin ang katotohanan ito ay isang tanda ng pagsumpa. Dapat ninyong piliin ang sarili ninyong landas, at hindi ninyo dapat lapastanganin ang Banal na Espiritu at tanggiin ang katotohanan. Hindi kayo dapat maging mangmang at mapagmataas, kundi isang taong sumusunod sa patnubay ng Banal na Espiritu at nananabik at naghahanap sa katotohanan; sa ganitong paraan lamang kayo makikinabang. Pinapayuhan Ko kayo na tahakin nang maingat ang landas ng paniniwala sa Diyos. Huwag kayong magsalita nang patapos; bukod pa ryan, huwag kayong maging kaswal at walang-ingat sa inyong paniniwala sa Diyos. Dapat ninyong malaman na, kahit paano, yaong mga naniniwala sa Diyos ay dapat maging mapagpakumbaba at mapitagan. Yaong mga nakarinig sa katotohanan subalit minamaliit ito ay mga hangal at mangmang. Yaong mga nakarinig sa katotohanan subalit walang-ingat na nagsasalita nang patapos o hinuhusgahan ito ay puno ng kayabangan. Walang sinumang naniniwala kay Jesus ang may karapatang sumpain o husgahan ang iba. Lahat kayo ay dapat magkaroon ng katinuan at maging mga taong tumatanggap sa katotohanan. Marahil, matapos marinig ang daan ng katotohanan at marinig ang salita ng buhay, naniniwala ka na isa lamang sa 10,000 ng mga salitang ito ang naaayon sa iyong mga paniniwala at sa Bibliya, at sa gayon ay dapat kang patuloy na maghanap sa ika-10,000 ng mga salitang ito. Pinapayuhan pa rin kita na maging mapagpakumbaba, huwag kang masyadong tiwala sa sarili, at huwag mong masyadong itaas ang sarili. Sa kaunting pagpipitagang taglay mo sa puso mo para sa Diyos, magtatamo ka ng higit na liwanag. Kung sinusuri mong mabuti at paulit-ulit na pinagninilayan ang mga salitang ito, mauunawaan mo kung katotohanan ang mga ito o hindi, at kung ang mga ito ay buhay

o hindi. Marahil, dahil iilang pangungusap lamang ang nabasa, pikit-matang huhusgahan ng ilang tao ang mga salitang ito, na sinasabing, “Kaunting kaliwanagan lamang ito mula sa Banal na Espiritu,” o, “Huwad na Cristo ito na naparito upang linlangin ang mga tao.” Yaong mga nagsasabi ng gayong mga bagay ay nabubulagan ng kamangmangan! Kakaunti ang nauunawaan mo tungkol sa gawain at karunungan ng Diyos, at pinapayuhan kita na magsimulang muli sa wala! Huwag ninyong pikit-matang husgahan ang mga salitang ipinahayag ng Diyos dahil sa paglitaw ng mga huwad na Cristo sa mga huling araw, at huwag kayong maging isang taong lumalapastangan sa Banal na Espiritu dahil natatakot kayong malinlang. Hindi ba kaawa-awa naman iyon? Kung, matapos ang maraming pagsusuri, naniniwala ka pa rin na ang mga salitang ito ay hindi ang katotohanan, hindi ang daan, at hindi pagpapahayag ng Diyos, sa huli ay parurusahan ka, at mawawalan ka ng mga pagpapala. Kung hindi mo matatanggap ang katotohanang iyon na sinambit nang napakaliwanag at napakalinaw, hindi ba hindi ka akma sa pagliligtas ng Diyos? Hindi ba isa kang taong hindi sapat na pinagpalang makabalik sa harap ng luklukan ng Diyos? Pag-isipan mo ito! Huwag kang padalus-dalos at mapusok, at huwag mong ituring na laro ang paniniwala sa Diyos. Mag-isip ka alang-alang sa iyong patutunguhan, alang-alang sa iyong mga inaasam, alang-alang sa iyong buhay, at huwag kang maglaro sa sarili mo. Matatanggap mo ba ang mga salitang ito?

Yaong mga Hindi Kaayon ni Cristo ay Tiyak na mga Kalaban ng Diyos

Inaasam ng lahat ng tao na makita ang totoong mukha ni Jesus, at hangad ng lahat na makapiling Siya. Palagay Ko’y hindi sasabihin ng sinumang kapatid na ayaw nilang makita o makapiling si Jesus. Bago ninyo nakita si Jesus—bago ninyo nakita ang Diyos na nagkatawang-tao—malamang ay pumasok sa inyong isipan ang lahat ng uri ng mga ideya, halimbawa, tungkol sa pagpapakita ni Jesus, sa Kanyang paraan ng pagsasalita, sa Kanyang paraan ng pamumuhay, at iba pa. Ngunit kapag nakita ninyo Siya talaga, mabilis na magbabago ang inyong mga ideya. Bakit ganito? Nais ba ninyong malaman? Hindi maaaring kaligtaan ang pag-iisip ng tao, na siya namang totoo—ngunit higit pa ryan, ang diwa ni Cristo ay hindi magpaparaya sa pagbabago ng tao. Iniisip ninyo na si Cristo ay isang imortal o isang pantas, ngunit hindi Siya itinuturing ninuman na isang normal na taong may diwang pagka-Diyos. Sa gayon, marami sa mga nananabik araw at gabi na makita ang Diyos ay talagang mga kaaway ng Diyos, at hindi Niya kaayon. Hindi ba isang pagkakamali ito sa panig ng tao? Kahit ngayon ay iniisip pa rin ninyo na ang inyong paniniwala at katapatan ay sapat na upang maging karapat-dapat kayong mamasdan ang mukha ni Cristo, ngunit pinapayuhan Ko kayo na sangkapan ang inyong sarili ng mas maraming bagay na praktikal! Sapagkat noong araw, ngayon, at sa hinaharap, marami sa mga nakakaugnay ni Cristo ay nabigo o mabibigo; lahat sila ay

gumaganap sa papel ng mga Pariseo. Ano ang dahilan ng inyong kabiguan? Ito ay dahil mismo sa mayroon sa mga kuru-kuro ninyo na isang Diyos na matayog at nararapat hangaan. Ngunit ang katotohanan ay hindi naaayon sa nais ng tao. Hindi lamang sa hindi matayog si Cristo, kundi talagang maliit Siya; hindi lamang Siya isang tao, kundi isa Siyang ordinaryong tao; hindi lamang Siya hindi maaaring umakyat sa langit, kundi ni hindi Siya makagala nang malaya sa lupa. At dahil dito, itinuturing Siya ng mga tao na tulad sa isang ordinaryong tao; kaswal ang pakikitungo nila sa Kanya kapag Siya ay kapiling nila, at kinakausap nila Siya nang walang ingat, samantalang naghihintay pa rin sa pagdating ng “totoong Cristo.” Itinuturing ninyo na ang Cristong dumating na ay isang ordinaryong tao, at ang Kanyang salita ay sa isang ordinaryong tao. Dahil dito, wala pa kayong natatanggap na anuman mula kay Cristo, at sa halip ay ganap na nalantad sa liwanag ang inyong sariling kapangitan.

Bago nakaugnayan si Cristo, maaaring naniniwala ka na ang iyong disposisyon ay lubos nang nabago, na isa kang tapat na tagasunod ni Cristo, at wala nang ibang mas karapat-dapat na tumanggap ng mga pagpapala ni Cristo maliban sa iyo—at na, dahil maraming landas ka nang nalakbay, maraming gawain ka nang nagawa, at naghatid ka na ng maraming bunga, siguradong magiging isa ka sa mga tatanggap ng korona sa huli. Subalit may isang katotohanang hindi mo alam: Ang tiwaling disposisyon ng tao at ang kanyang pagkasuwail at paglaban ay nalalantad kapag nakikita niya si Cristo, at ang pagkasuwail at paglaban na nalantad sa sandaling ito ay mas ganap at lubusang nalantad kaysa sa anumang iba pa. Ito ay dahil si Cristo ang Anak ng tao—isang Anak ng tao na nagtataglay ng normal na pagkatao—kaya hindi Siya pinararangalan ni iginagalang ng tao. Ito ay dahil ang Diyos ay nananahan sa katawang-tao kaya ang pagkasuwail ng tao ay nadadala sa liwanag nang lubusan at sa napakalinaw na detalye. Kaya sinasabi Ko na nahukay ng pagparito ni Cristo ang lahat ng pagkasuwail ng sangkatauhan at nabigyan ng malinaw na kaginhawahan ang likas na pagkatao ng sangkatauhan. Ito ay tinatawag na “pag-akit sa tigre na bumaba ng bundok” at “pag-akit sa lobo na lumabas ng yungib nito.” Nangangahas ka bang ipalagay na masasabi mong tapat ka sa Diyos? Nangangahas ka bang ipalagay na masasabi mong nagpapakita ka ng lubos na pagsunod sa Diyos? Nangangahas ka bang ipalagay na masasabi mong hindi ka suwail? Sasabihin ng ilan: “Kapag inilalagay ako ng Diyos sa isang bagong kapaligiran, palagi akong nagpapasakop nang hindi bubulung-bulong, at bukod pa rito ay hindi ako nakikinig sa mga kuru-kuro tungkol sa Diyos.” Sasabihin ng ilan: “Anuman ang ipinagagawa sa akin ng Diyos ginagawa ko sa abot ng aking kakayahan at hindi ako kailanman nagpapabaya.” Kung gayon, ito ang tanong Ko sa inyo: Makakaayon ba kayo kay Cristo kapag namumuhay kayong kasama Niya? At gaano katagal kayong magiging kaayon Niya? Isang araw? Dalawang araw? Isang oras? Dalawang oras? Maaaring kapuri-puri nga ang inyong pananampalataya, ngunit hindi kayo gaanong matatag. Kapag talagang namumuhay ka na kasama ni Cristo, ang iyong pagmamagaling at pagpapahalaga sa sarili ay malalantad sa pamamagitan ng iyong mga salita at kilos,

nang paunti-unti, at ang iyong labis na mga pagnanasa, iyong masuwaying isipan at kawalan ng kasiyahan ay likas ding mabubunyag. Sa huli, ang iyong kayabangan ay lalo pang titindi, hanggang sa labis mong kakalabanin si Cristo na tulad ng paglaban ng tubig sa apoy, at sa gayon ay ganap na malalantad ang iyong likas na pagkatao. Sa pagkakataong iyon, ang iyong mga kuru-kuro ay hindi na mapagtatakpan, ang iyong mga reklamo ay likas ding lalabas, at ang iyong abang pagkatao ay lubos na malalantad. Magkagayunman, patuloy ka pa ring tumatangging aminin ang sarili mong pagkasuwail, sa halip ay naniniwala ka na ang isang Cristong tulad nito ay hindi madaling tanggapin ng tao, na napakahigpit Niya sa tao, at na lubos kang magpapasakop kung Siya ay mas mabait na Cristo. Naniniwala kayo na makatarungan ang inyong pagkasuwail, na sumusuway lamang kayo sa Kanya kapag sobra-sobra na ang pamimilit Niya sa inyo. Ni minsan ay hindi ninyo naisip na hindi ninyo itinuturing na Diyos si Cristo, at wala kayong hangaring sundin Siya. Sa halip, ipinagpipilitan mong gumawa si Cristo alinsunod sa sarili mong mga inaasam, at sa sandaling gumawa Siya ng isang bagay na laban sa sarili mong iniisip, naniniwala ka na hindi Siya Diyos kundi isang tao. Hindi ba marami sa inyo ang nakipagtunggali sa Kanya sa ganitong paraan? Sino ba ito, kung tutuusin, na pinaniniwalaan ninyo? At sa anong paraan kayo naghahanap?

Lagi ninyong inaasam na makita si Cristo, ngunit hinihimok Ko kayo na huwag ninyong masyadong pahalagahan nang husto ang inyong sarili; maaaring makita ng sinuman si Cristo, ngunit sinasabi Ko na walang sinuman ang karapat-dapat na makita si Cristo. Dahil ang likas na pagkatao ng tao ay punung-puno ng kasamaan, kayabangan, at pagkasuwail, sa sandaling makita mo si Cristo, ang iyong likas na pagkatao ay wawasakin at susumpain ka hanggang kamatayan. Ang iyong pakikisama sa isang kapatid na lalaki (o babae) ay maaaring walang gaanong maipakita tungkol sa iyo, ngunit hindi gayon kasimple kapag nakisama ka kay Cristo. Anumang oras, maaaring yumabong ang iyong mga kuru-kuro, magsimulang umusbong ang iyong kayabangan, at magbunga ng mga igos ang iyong pagkasuwail. Paano ka magiging marapat na makisama kay Cristo kung ganoon ang pagkatao mo? Talaga bang nagagawa mo Siyang tratuhin bilang Diyos sa bawat sandali ng bawat araw? Talaga bang magkakaroon ka ng realidad ng pagpapasakop sa Diyos? Sinasamba ninyo ang matayog na Diyos sa kaibuturan ng inyong puso bilang si Jehova samantalang itinuturing ninyong tao ang Cristong nakikita. Napakaliit ng inyong katinuan at napakababa ng inyong pagkatao! Hindi ninyo kayang ituring palagi si Cristo bilang Diyos; paminsan-minsan lamang kayo nangungunyapit sa Kanya, kapag gusto ninyo, at sumasamba sa Kanya bilang Diyos. Ito ang dahilan kaya Ko sinasabi na hindi kayo mga mananampalataya ng Diyos, kundi isang barkadahan ng magkakasabwat na lumalaban kay Cristo. Kahit ang mga taong nagpapakita ng kabaitan sa iba ay sinusuklian, subalit si Cristo, na nakagawa ng gayong gawain sa inyo, ay hindi natanggap ang pagmamahal ng tao ni ang kanyang kabayaran at pagpapasakop. Hindi ba ito nakakadurog ng puso?

Maaaring sa lahat ng taon ng pagsampalataya mo sa Diyos, hindi ka pa nakasumpa

ng sinuman o nakagawa ng masama kailanman, subalit sa pakikisama mo kay Cristo, hindi mo kayang magsabi ng katotohanan, kumilos nang tapat, o sumunod sa salita ni Cristo; kung gayon, sinasabi Ko na ikaw ang pinakamasama at mapaminsalang tao sa mundo. Maaaring napakabait mo at tapat ka sa iyong mga kamag-anak, kaibigan, asawa, anak, at magulang, at hindi ka nagsasamantala sa iba kailanman, ngunit kung hindi mo kayang umayon kay Cristo, kung hindi mo magawang makihalubilo sa Kanya nang maayos, kahit gugulin mo pa ang iyong lahat-lahat sa pagtulong sa iyong mga kapitbahay o sa masusing pag-aalaga sa iyong ama, ina, at mga miyembro ng inyong sambahayan, sasabihin Ko na masama ka pa rin, at bukod dito ay puno ka ng mga tusong panlilinlang. Huwag mong isiping nakaayon ka kay Cristo dahil lamang sa kasundo mo ang iba at gumagawa ka ng ilang mabubuting gawa. Akala mo ba makukuha mo nang may pandaraya ang pagpapala ng Langit dahil sa iyong mapagkawanggawang hangarin? Akala mo ba ang paggawa ng ilang mabubuting gawa ay kapalit ng iyong pagsunod? Walang isa man sa inyo ang nagagawang tumanggap ng pagwawasto at pagtatabas, at nahihirapan kayong lahat na tanggapin ang normal na pagkatao ni Cristo, sa kabila ng patuloy ninyong pagbabandera ng inyong pagsunod sa Diyos. Ang pananampalatayang tulad ng sa inyo ay magbababa ng isang angkop na ganti. Tigilan ninyo ang paglulunoy sa kasiya-siyang mga ilusyon at pag-asam na makita si Cristo, sapagkat napakaliit ng inyong tayog, kaya nga ni hindi kayo karapat-dapat na makita Siya. Kapag ganap ka nang nalinis mula sa iyong pagkasuwail, at kaya mo nang umayon kay Cristo, sa sandaling iyon ay natural na magpapakita ang Diyos sa iyo. Kung makikipagkita ka sa Diyos nang hindi pa sumasailalim sa pagtatabas o paghatol, siguradong magiging kalaban ka ng Diyos at nakatadhana kang wasakin. Ang pagkatao ng tao ay likas na palaban sa Diyos, sapagkat lahat ng tao ay sumailalim na sa pinakamatinding pagtitiwali ni Satanas. Kung susubukan ng tao na makisama sa Diyos sa gitna ng sarili niyang katiwalian, tiyak na walang buti itong maibubunga; ang kanyang mga kilos at salita ay siguradong ilalantad ang kanyang katiwalian sa bawat pagkakataon, at sa pakikisama sa Diyos ang kanyang pagkasuwail ay mabubunyag sa lahat ng aspeto nito. Hindi namamalayan, dumarating ang tao upang kalabanin si Cristo, linlangin si Cristo, at talikuran si Cristo; kapag nangyari ito, mas manganganib ang tao at, kung magpapatuloy ito, magiging pakay siya ng kaparusahan.

Maaaring naniniwala ang ilan na, kung masyadong mapanganib ang makisama sa Diyos, mas mabuti pa sigurong manatiling malayo sa Diyos. Ano ang posibleng mapala ng mga taong kagaya nito? Maaari ba silang maging tapat sa Diyos? Panigurado, napakahirap makisama sa Diyos—ngunit iyan ay dahil tiwali ang tao, hindi dahil hindi nagagawang makisama ng Diyos sa kanya. Ang pinakamabuting gawin ay maglaan kayo ng higit na pagsisikap sa katotohanan ng pagkilala sa sarili. Bakit hindi kayo nagugustuhan ng Diyos? Bakit kasuklam-suklam sa Kanya ang inyong disposisyon? Bakit pinupukaw ng inyong pananalita ang Kanyang galit? Sa sandaling magpamalas kayo ng katiting na katapatan, pinupuri ninyo ang inyong sarili, at humihingi kayo ng

gantimpala para sa maliit na ambag; hinahamak ninyo ang iba kapag nakapagpakita kayo ng kaunting pagsunod, at nawawalan kayo ng galang sa Diyos kapag may simpleng gawain kayong naisasakatuparan. Sa pagtanggap sa Diyos, humihingi kayo ng pera, mga regalo, at mga papuri. Masakit sa inyo ang magbigay ng isa o dalawang barya; kapag nagbigay kayo ng sampu, umaasam kayo ng mga pagpapala at nais ninyong kilalanin kayo. Ang pagkataong katulad ng sa inyo ay positibong masakit sabihin o pakinggan. Mayroon bang anumang kapuri-puri sa inyong mga salita at kilos? Yaong mga gumaganap sa kanilang tungkulin at yaong mga hindi; yaong mga namumuno at yaong mga sumusunod; yaong mga tumatanggap sa Diyos at yaong mga hindi; yaong mga nag-aabuloy at yaong mga hindi; yaong mga nangangaral at yaong mga tumatanggap ng salita, at iba pa: lahat ng taong iyon ay pinupuri ang kanilang sarili. Hindi ba ito nakakatawa sa inyo? Lubos na nababatid na naniniwala kayo sa Diyos, magkagayunman ay hindi kayo nakaayon sa Diyos. Lubos na nababatid na hindi kayo karapat-dapat, patuloy pa rin kayong nagyayabang. Hindi ba ninyo nadarama na nabawasan na nang kaunti ang inyong katinuan kaya wala na kayong kontrol sa sarili? Sa ganitong katinuan, paano kayo angkop na makaugnay sa Diyos? Hindi ba kayo natatakot para sa inyong mga sarili sa puntong ito? Lumala na ang inyong disposisyon hanggang sa hindi na ninyo makayang umayon sa Diyos. Dahil dito, hindi ba nakakatawa ang inyong pananampalataya? Hindi ba kahibangan ang inyong pananampalataya? Paano mo haharapin ang iyong kinabukasan? Paano ka pipili kung anong landas ang iyong tatahakin?

Marami ang Tinawag, Datapuwa't Kakaunti ang Nahirang

Marami na Akong nahanap sa lupa para maging Aking mga alagad. Sa lahat ng alagad na ito, mayroong naglilingkod bilang mga pari, mga namumuno, mga anak ng Diyos, mga tao ng Diyos, at mga nagsisilbi. Iginrupo Ko sila batay sa katapatang ipinakikita nila sa Akin. Kapag nabukud-bukod na ang lahat ayon sa kanilang uri, ibig sabihin, kapag ang likas na katangian ng bawat uri ng tao ay nalinawan na, ibibilang Ko ang bawat isa sa kanila sa kanilang tamang kategorya at ilalagay ang bawat uri sa kanilang angkop na lugar, upang makamtan ang layunin ng Aking pagliligtas sa sangkatauhan. Sa mga grupo, tinatawag Ko ang mga nais Kong iligtas sa Aking sambahayan, at pagkatapos ay ipinatatanggap Ko sa kanilang lahat ang Aking gawain ng mga huling araw. Kasabay nito, ibinubukud-bukod Ko sila ayon sa uri, pagkatapos ay ginagantimpalaan o pinarurusahan ang bawat isa batay sa kanilang mga kilos. Ito ang mga hakbang na bumubuo sa Aking gawain.

Ngayon, naninirahan Ako sa lupa, at nabubuhay Ako sa piling ng mga tao. Dinaranas ng mga tao ang Aking gawain, at binabantayan ang Aking mga pahayag, at kasabay nito ay ipinagkakaloob Ko ang lahat ng katotohanan sa bawat isa sa Aking mga alagad,

upang matanggap nila ang buhay mula sa Akin at sa gayon ay matamo ang landas na maaari nilang tahakin. Sapagkat Ako ang Diyos, Tagapagbigay ng buhay. Sa loob ng maraming taon ng Aking gawain, maraming natamo ang mga tao, at maraming tinalikdan, subalit sinasabi Ko pa rin na hindi talaga sila naniniwala sa Akin. Sapagkat kinikilala lamang ng mga tao na Ako ang Diyos gamit ang kanilang bibig, ngunit hindi sila sumasang-ayon sa mga katotohanang ipinapahayag Ko, at, dagdag pa ryan, hindi nila isinasagawa ang mga katotohanang hinihiling Kong gawin nila. Ibig sabihin, kinikilala lamang ng mga tao ang pag-iral ng Diyos, ngunit hindi ang katotohanan; kinikilala lamang ng mga tao ang pag-iral ng Diyos, ngunit hindi ang buhay; kinikilala lamang ng mga tao ang pangalan ng Diyos, ngunit hindi ang Kanyang diwa. Kinasusuklaman Ko sila dahil sa kanilang kasigasigan, sapagkat gumagamit lamang sila ng mga salitang masarap pakinggan para linlangin Ako; walang isa man sa kanila ang talagang sumasamba sa Akin. Ang inyong mga salita ay naglalaman ng tukso ng ahas; higit pa ryan, sukduhan sa kahambugan ang mga ito, isang tunay na pagpapahayag ng arkanghel. Dagdag pa ryan, ang inyong mga gawa ay nakakahiya dahil sira-sira at gutay-gutay; ang inyong walang-habas na mga pagnanasa at mapag-imbot na mga layunin ay masakit pakinggan. Lahat kayo ay naging mga gamu-gamo sa Aking sambahayan, mga bagay na dapat itapon nang may pagkasuklam. Sapagkat walang isa man sa inyo ang nagmamahal sa katotohanan; bagkus, hangad ninyong mapagpala, makaakyat sa langit, mamasdan ang kagila-gilalas na pangitain ni Cristo na ginagamit ang Kanyang kapangyarihan sa lupa. Ngunit naisip ba ninyo kailanman kung paanong ang katulad ninyo, na napakatiwali, na walang ideya kung ano ang Diyos, ay maaaring maging karapat-dapat na sumunod sa Diyos? Paano kayo makakaakyat sa langit? Papaano kayo magiging karapat-dapat na mamasdan ang mariringal na tagpo, mga tagpong walang katulad sa kanilang ningning? Ang inyong bibig ay puno ng mga salita ng panlilinlang at karumihan, ng pagkakanulo at kayabangan. Kailanma'y hindi kayo nangusap ng mga salita ng katapatan sa Akin, walang mga banal na salita, walang mga salita ng pagpapasakop sa Akin matapos maranasan ang Aking salita. Ano, sa huli, ang katulad ng inyong pananampalataya? Walang anuman kundi pagnanasa at salapi ang nasa inyong puso, at wala kundi mga materyal na bagay ang nasa inyong isipan. Araw-araw, kinakalkula ninyo kung paano makakakuha ng isang bagay mula sa Akin. Araw-araw, binibilang ninyo kung gaano kalaking kayamanan at gaano karaming materyal na bagay ang natamo ninyo mula sa Akin. Araw-araw, hinihintay ninyong bumaba sa inyo ang mas marami pang biyaya nang sa gayon ay matamasa ninyo, nang mas marami at mas mataas ang kalidad, ang mga bagay na maaaring matamasa. Hindi Ako ang laman ng inyong isipan sa bawat isang sandali, ni ang katotohanang nagmumula sa Akin, kundi ang inyong asawa, inyong mga anak, at ang mga bagay na inyong kinakain at isinusuot. Iniisip ninyo kung paano kayo magtatamo ng higit at mas mataas pang kasiyahan. Ngunit kahit halos pumutok na ang inyong tiyan sa kabusugan, hindi pa rin ba kayo isang bangkay? Kahit, sa tingin, napapalamutian ninyo nang marangyang bihisan ang inyong sarili, hindi pa rin ba kayo naglalakad na bangkay na

walang buhay? Nagpapakahirap kayo alang-alang sa inyong sikmura, hanggang sa tubuan na kayo ng uban, subalit walang sinuman sa inyo ang nagsasakripisyo ni isang hibla ng buhok para sa Aking gawain. Palagi kayong humahangos, pinapagod ninyo ang inyong katawan at kinakalog ninyo ang inyong utak, para sa kapakanan ng inyong sariling laman, at para sa inyong mga anak—subalit wala ni isa sa inyo ang nagpapakita ng anumang pag-aalala o malasakit para sa Aking kalooban. Ano pa ba ang inaasam ninyong matamo mula sa Akin?

Hindi Ako kailanman nagmamadali kapag gumagawa Ako. Paano man Ako sundin ng mga tao, ginagawa Ko ang Aking gawain alinsunod sa bawat hakbang, alinsunod sa Aking plano. Kaya sa kabila ng lahat ng inyong paghihimagsik laban sa Akin, gumagawa pa rin Ako nang walang tigil, at patuloy Ko pa ring ipinapahayag ang mga salitang kailangan Kong ipahayag. Tinatawag Ko sa Aking sambahayan ang Aking mga itinadhana, upang makinig sila sa Aking mga salita. Lahat ng nagpapasakop sa Aking mga salita, na nananabik sa Aking mga salita, ay dinadala Ko sa harap ng Aking luklukan; lahat ng tumatalikod sa Aking mga salita, na hindi sumusunod sa Akin, at hayagan Akong sinusuway, ay isinasantabi Ko para hintayin ang huling parusa sa kanila. Lahat ng tao ay namumuhay sa gitna ng katiwalian at sa ilalim ng kamay ng masama, kaya nga kakaunti sa mga sumusunod sa Akin ang nananabik sa katotohanan. Ibig sabihin, karamihan ay hindi tunay na sumasamba sa Akin; hindi sila sumasamba sa Akin nang taglay ang katotohanan, kundi sinusubukan nilang matamo ang Aking tiwala sa pamamagitan ng katiwalian at paghihimagsik, sa mapanlinlang na mga kaparaanan. Dahil dito kaya Ko sinasabi: Marami ang tinawag, datapuwa’t kakaunti ang nahirang. Ang mga tinawag ay labis na nagawang tiwali at namumuhay na lahat sa iisang kapanahunan—ngunit ang mga nahirang ay bahagi nila, sila ang mga naniniwala at kumikilala sa katotohanan, at nagsasagawa ng katotohanan. Ang mga taong ito ay napakaliit na bahagi lamang ng kabuuan, at mula sa kanila ay tatanggap Ako ng higit pang kaluwalhatian. Batay sa mga salitang ito, alam ba ninyo kung kabilang kayo sa mga nahirang? Ano ang magiging katapusan ninyo?

Tulad ng Aking sinabi, marami ang sumusunod sa Akin ngunit kakaunti ang tunay na nagmamahal sa Akin. Marahil ay sasabihin ng ilan, “Magsasakripisyo ba ako nang malaki kung hindi Kita mahal? Susunod ba ako sa Iyo hanggang sa puntong ito kung hindi Kita mahal?” Tiyak na marami kang dahilan, at tiyak na napakalaki ng iyong pagmamahal, ngunit ano ang pinakadiwa ng iyong pagmamahal para sa Akin? Ang “pagmamahal,” ayon sa tawag dito, ay tumutukoy sa isang damdaming dalisay at walang dungis, kung saan ginagamit mo ang iyong puso para magmahal, makaramdam, at maging maalalahanin. Sa pagmamahal walang mga kundisyon, walang mga balakid, at walang distansya. Sa pagmamahal walang paghihinala, walang panlilinlang, at walang katusuhan. Sa pagmamahal walang humihingi ng kapalit at walang karumihan. Kung nagmamahal ka, hindi ka manlilinlang, magrereklamo, magtataksil, susuway, maniningil, o maghahangad na magtamo ng isang bagay o ng

isang partikular na halaga. Kung nagmamahal ka, masaya mong ilalaan ang iyong sarili, masaya mong titiisin ang hirap, makakasundo mo Ako, tatalikdan mo ang lahat ng mayroon ka para sa Akin, tatalikdan mo ang iyong pamilya, ang iyong kinabukasan, ang iyong kabataan, at ang iyong pag-aasawa. Kung hindi, ang iyong pagmamahal ay hindi talaga pagmamahal, kundi panlilinlang at pagtataksil! Anong klaseng pagmamahal ang sa iyo? Tunay na pagmamahal ba iyon? O huwad? Gaano na ang natalikdan mo? Gaano na ang iyong naisakripisyo? Gaanong pagmamahal na ang natanggap Ko mula sa iyo? Alam mo ba? Ang inyong puso ay puno ng kasamaan, pagtataksil, at panlilinlang—at yamang ganoon, gaano sa pagmamahal ninyo ang marumi? Iniisip ninyo na sapat na ang natalikdan ninyo para sa Akin; iniisip ninyo na sapat na ang pagmamahal ninyo sa Akin. Kung gayo’y bakit palaging suwail at mapanlinlang ang inyong mga salita at kilos? Sumusunod kayo sa Akin, subalit hindi ninyo kinikilala ang Aking salita. Itinuturing bang pagmamahal ito? Sumusunod kayo sa Akin, subalit isinasantabi naman ninyo Ako. Itinuturing bang pagmamahal ito? Sumusunod kayo sa Akin, subalit hindi kayo nagtitiwala sa Akin. Itinuturing bang pagmamahal ito? Sumusunod kayo sa Akin, subalit hindi ninyo tinatanggap ang Aking pag-iral. Itinuturing ba ng pagmamahal ito? Sumusunod kayo sa Akin, subalit hindi ninyo Ako tinatrato nang angkop sa Akin, at pinahihirapan ninyo Ako palagi. Itinuturing bang pagmamahal ito? Sumusunod kayo sa Akin, subalit sinusubukan ninyong lokohin at linlangin Ako sa lahat ng bagay. Itinuturing bang pagmamahal ito? Pinaglilingkuran ninyo Ako, subalit hindi kayo takot sa Akin. Itinuturing bang pagmamahal ito? Sinasalungat ninyo Ako sa lahat ng aspeto at sa lahat ng bagay. Itinuturing bang pagmamahal ang lahat ng ito? Totoo, malaki na ang naialay ninyo, subalit hindi ninyo naisagawa kailanman ang ipinagagawa Ko sa inyo. Maituturing bang pagmamahal ito? Ang maingat na pagbubuod ay nagpapakita na wala ni katiting na pahiwatig ng pagmamahal sa Akin sa inyong kalooban. Pagkaraan ng napakaraming taon ng gawain at lahat ng maraming salitang naibigay Ko, gaano karami ba talaga ang inyong natamo? Hindi ba ito karapat-dapat sa isang maingat na pagbabalik-tanaw? Pinapayuhan Ko kayo: Ang mga tinatawag Ko ay hindi ang mga hindi naging tiwali kailanman; bagkus, ang mga hinihirang Ko ay ang mga tunay na nagmamahal sa Akin. Samakatuwid, kailangan kayong maging maingat sa inyong mga salita at gawa, at suriin ang inyong mga intensyon at saloobin upang ang mga iyon ay hindi umabot sa paglabag. Sa panahon ng mga huling araw, gawin ang lahat ng inyong makakaya para ialay ang inyong pagmamahal sa Aking harapan, kung hindi ay hindi mawawala ang galit Ko sa inyo!

Dapat Mong Hangarin ang Daan ng Pagiging Kaayon ni Cristo

Marami na Akong nagawang gawain sa tao, at sa panahong ito nagpahayag din Ako ng maraming salita. Ang lahat ng salitang ito ay para sa kapakanan ng kaligtasan ng tao at ipinahayag upang maging kaayon Ko ang tao. Gayunman, iilang tao lamang sa lupa na kaayon Ko ang nakamit Ko na, kaya sinasabi Kong hindi pinahalagahan ng tao ang Aking mga salita—ito ay sapagkat hindi Ko kaayon ang tao. Sa ganitong pamamaraan, ang gawaing ginagawa Ko ay hindi lamang upang maaari Akong sambahin ng tao; ang mas mahalaga, ito ay upang maging kaayon Ko ang tao. Nagawa nang tiwali ang tao at namumuhay sa bitag ni Satanas. Nabubuhay sa laman ang lahat ng tao, nabubuhay sa mga makasariling pagnanasa, at wala ni isa man sa kanila ang kaayon Ko. Mayroong mga nagsasabing kaayon Ko sila, ngunit ang ganitong mga tao ay lahat sumasamba sa malalabong diyos-diyosan. Bagamat kinikilala nilang banal ang pangalan Ko, tumatahak sila sa landas na taliwas sa Akin, at puno ang mga salita nila ng pagmamataas at kumpiyansa sa sarili. Ito ay dahil, sa ugat, silang lahat ay laban sa Akin at hindi Ko kaayon. Araw-araw, naghahanap sila ng mga bakas Ko sa Bibliya at sapalarang naghahanap ng “angkop” na mga siping kanilang binabasa nang walang katapusan at binibigkas bilang mga banal na kasulatan. Hindi nila alam kung paano maging kaayon Ko ni ang ibig sabihin ng maging laban sa Akin. Nagbabasa lamang sila ng mga banal na kasulatan nang walang taros. Sa loob ng Bibliya, nililimitahan nila ang isang malabong Diyos na hindi pa nila kailanman nakita, at wala silang kakayahang makita, at inilalabas nila ito upang tingnan kung paano nila gusto. Naniniwala sila sa pag-iral Ko sa loob lamang ng saklaw ng Bibliya, at ipinapantay nila Ako sa Bibliya; kung wala ang Bibliya wala Ako, at kung wala Ako wala ang Bibliya. Hindi nila binibigyang-pansin ang pag-iral o mga kilos Ko, kundi sa halip ay nag-uukol sila ng sukdulan at espesyal na pansin sa bawat salita ng Banal na Kasulatan. Mas marami ang naniniwala pa nga na hindi Ko dapat gawin ang anumang nais Kong gawin maliban na lamang kung ito ay inihula ng Banal na Kasulatan. Binibigyan nila ng sobrang pagpapahalaga ang Banal na Kasulatan. Masasabing nakikita nilang napakahalaga ang mga salita at mga pagpapahayag, hanggang sa puntong ginagamit nila ang mga talata mula sa Bibliya upang sukatin ang bawat salitang sinasabi Ko at upang kondenahin Ako. Ang hinahangad nila ay hindi ang daan ng pagiging kaayon Ko o ang daan ng pagiging kaayon ng katotohanan, kundi ang daan ng pagiging kaayon ng mga salita ng Bibliya, at naniniwala silang ang anumang hindi umaayon sa Bibliya ay, walang pagtatanging, hindi Ko gawain. Hindi ba’t ang ganitong mga tao ay ang masunuring mga inapo ng mga Pariseo? Ginamit ng mga Pariseong Hudyo ang batas ni Moises upang parusahan si Jesus. Hindi nila hinangad na maging kaayon ng Jesus ng panahong iyon, kundi masigasig na sinunod ang eksaktong sinabi ng batas, hanggang sa puntong—matapos Siyang kasuhan ng hindi pagsunod sa batas ng Lumang Tipan at hindi pagiging ang Mesiyas—sa huli ipinako nila sa krus ang walang-salang si

Jesus. Ano ang diwa nila? Hindi ba't na hindi nila hinangad ang daan ng pagiging kaayon ng katotohanan? Nahumaling sila sa bawat salita ng Banal na Kasulatan habang hindi binibigyang pansin ang kalooban Ko o ang mga hakbang at mga kaparaanan ng gawain Ko. Hindi sila mga taong naghangad ng katotohanan, kundi mga taong mahigpit na kumapit sa mga salita; hindi sila mga taong nanalig sa Diyos, kundi mga taong nanalig sa Bibliya. Sa diwa, mga tagapagbantay sila ng Bibliya. Upang mapangalagaan ang kapakanan ng Bibliya, upang mapanatili ang dangal ng Bibliya, at upang maprotektahan ang reputasyon ng Bibliya, humantong sila sa pagpako sa krus sa mahabaging si Jesus. Ginawa nila ito alang-alang lamang sa pagtatanggol sa Bibliya, at alang-alang sa pagpapanatili ng katayuan ng bawat salita ng Bibliya sa puso ng mga tao. Kaya ginusto nilang talikdan ang kinabukasan nila at ang handog para sa kasalanan upang hatulan ng kamatayan si Jesus, na hindi umayon sa doktrina ng Banal na Kasulatan. Hindi ba't silang lahat ay mga sunud-sunuran sa bawat salita ng Banal na Kasulatan?

At paano naman ang mga tao ngayon? Pumarito si Cristo upang ilabas ang katotohanan, subalit mas gugustuhin nilang paalisin Siya mula sa mundong ito upang makapasok sila sa langit at makatanggap ng biyaya. Mas gugustuhin pa nilang lubos na ikaila ang pagparito ng katotohanan upang mapangalagaan ang kapakanan ng Bibliya, at mas gugustuhin pa nilang muling ipako sa krus ang Cristong nagbalik sa katawang-tao upang matiyak ang walang hanggang pag-iral ng Bibliya. Paano matatanggap ng tao ang pagliligtas Ko kung labis na mapaghangad ng masama ang puso niya at labis na laban sa Akin ang kalikasan niya? Namumuhay Ako kasama ng tao, ngunit hindi alam ng tao ang pag-iral Ko. Kapag itinatapat Ko ang liwanag Ko sa tao, nananatili pa rin siyang mangmang sa pag-iral Ko. Kapag pinakakawalan Ko ang galit Ko sa tao, lalo pa niyang ikinakaila ang pag-iral Ko. Hinahanap ng tao na maging kaayon ng mga salita at maging kaayon ng Bibliya, subalit wala ni isang tao ang pumupunta sa harap Ko upang hangarin ang daan ng pagiging kaayon ng katotohanan. Tinitingala Ako ng tao sa langit at nagtutuon ng natatanging malasakit sa pag-iral Ko sa langit, subalit walang nagmamalasakit sa Akin sa katawang-tao, dahil Ako na namumuhay kasama ng tao ay sadyang walang halaga. Yaong mga naghahangad lamang na maging kaayon ng mga salita ng Bibliya at naghahangad lamang na maging kaayon ng isang malabong Diyos ay mga kahabag-habag sa paningin Ko. Iyon ay dahil ang sinasamba nila ay patay na mga salita, at isang Diyos na may kakayahang bigyan sila ng di-mabilang na kayamanan; ang sinasamba nila ay isang Diyos na ilalagay ang sarili Niya sa ilalim ng kapangyarihan ng tao—isang Diyos na hindi umiiral. Ano, kung gayon, ang makakamit ng ganitong mga tao mula sa Akin? Masyadong mababa ang tao para sa mga salita. Yaong mga laban sa Akin, na gumagawa ng walang katapusang mga paghingi sa Akin, na mga walang pagmamahal sa katotohanan, na mga mapanghimagsik sa Akin—paano Ko sila magiging kaayon?

Yaong mga laban sa Akin ay yaong mga hindi Ko kaayon. Ganito rin ang kaso ng yaong mga hindi nagmamahal sa katotohanan. Yaong mga naghihimagsik laban sa Akin

ay lalo pang laban sa Akin at hindi Ko kaayon. Iniaabot Ko sa mga kamay ng masama lahat yaong mga hindi Ko kaayon, at ipinaubaya Ko sila sa katiwalian ng masama, hinahayaan Ko silang ibunyag ang kasamaan nila, at sa huli ay ibinigay Ko sila sa masama upang lamunin. Hindi Ko iniintindi kung gaano karami ang sumasamba sa Akin, na ang ibig sabihin, hindi Ko iniintindi kung gaano karaming tao ang nananalig sa Akin. Ang iniintindi Ko lamang ay kung gaano karami ang kaayon Ko. Iyon ay dahil ang lahat ng hindi Ko kaayon ay masasama na ipinagkakanulo Ako; mga kaaway Ko sila, at hindi ko “isasadambana” sa tahanan Ko ang mga kaaway Ko. Yaong mga kaayon Ko ay magpakailanmang maglilingkod sa Akin sa tahanan Ko, at yaong mga lumalaban sa Akin ay magpakailanmang magdurusa ng kaparusahan Ko. Yaong mga may pakialam lamang sa mga salita ng Bibliya at walang pakialam sa katotohanan o sa paghahanap sa mga yapak Ko—laban sila sa Akin, dahil nililimitahan nila Ako ayon sa Bibliya, at ikinukulong nila Ako sa loob ng Bibliya, at sukdulang napakalapastangan sa Akin. Paano makapupunta sa harap Ko ang ganitong mga tao? Hindi nila binibigyang pansin ang mga gawa Ko, o ang kalooban Ko, o ang katotohanan, kundi sa halip ay nahuhumaling sila sa mga salita—mga salitang pumapatay. Paano Ko magiging kaayon ang ganitong mga tao?

Nakapagpahayag na Ako ng napakaraming salita, at naipahayag Ko na rin ang kalooban at disposisyon Ko, ngunit kahit ganoon, walang kakayahan pa rin ang mga tao na makilala Ako at manalig sa Akin. O, maaaring sabihin, walang kakayahan pa rin ang mga tao na sumunod sa Akin. Yaong mga nabubuhay sa loob ng Bibliya, yaong mga nabubuhay sa saklaw ng batas, yaong mga nabubuhay sa krus, yaong mga nabubuhay ayon sa doktrina, yaong mga nabubuhay sa gitna ng mga gawaing ginagawa Ko ngayon—sino sa kanila ang kaayon Ko? Iniisip lamang ninyo na tumanggap ng mga pagpapala at mga gantimpala, ngunit hindi pa ninyo kailanman inisip kung paano talaga magiging kaayon Ko, o kung paano mapipigilan ang mga sarili ninyo na maging laban sa Akin. Sobra Akong dismayado sa inyo, dahil napakarami Ko nang naibigay sa inyo, ngunit napakakaunti ng nakamit Ko mula sa inyo. Ang inyong panlilinlang, kayabangan, kasakiman, labis-labis na mga paghahangad, pagkakanulo, at pagsuway—alin sa mga ito ang hindi Ko mapapansin? Pabaya kayo sa Akin, niloloko ninyo Ako, nilalait ninyo Ako, nililinlang ninyo Ako, sinisingil ninyo Ako at kinikikilan ninyo Ako para sa mga sakripisyo—paano makaiiwas sa kaparusahan Ko ang gayong kasamaan? Ang lahat ng paggawa ng masama na ito ay isang patunay ng pagkapoot ninyo sa Akin at patunay ng inyong hindi pagkakatugma sa Akin. Ang bawat isa sa inyo ay naniniwalang ang sarili ninyo ay sobrang kaayon Ko, ngunit kung ganoon nga, kanino mailalapat ang gayong hindi mapabubulaanang patunay? Naniniwala kayong tinataglay ng mga sarili ninyo ang sukdulang kataimtiman at katapatan sa Akin. Iniisip ninyong kayo ay napakabait, napakamahabagin, at naglaan na nang sobra para sa Akin. Iniisip ninyong higit sa sapat na ang nagawa ninyo para sa Akin. Ngunit sinuri na ba ninyo ito kailanman kumpara sa sarili ninyong mga kilos? Sinasabi Kong kayo ay napakamapagmataas, napakasakim, napakawalang interes; ang mga panlalansing ginagamit ninyo upang lokohin Ako ay

napakatuso, at marami kayong kasuklam-suklam na layunin at kasuklam-suklam na pamamaraan. Masyadong katiting ang katapatan ninyo, masyadong kaunti ang sigasig ninyo, at ang budhi ninyo ay higit pang mas salat. Mayroong labis na paghahangad ng masama sa puso ninyo, at may masama kayong hangarin sa lahat, maging sa Akin. Pinagsasarhan ninyo Ako para sa kapakanan ng inyong mga anak, o ng inyong asawa, o para mapangalagaan ninyo ang inyong sarili. Sa halip na magmalasakit sa Akin, nagmamalasakit kayo sa pamilya ninyo, sa mga anak ninyo, sa katayuan ninyo, sa kinabukasan ninyo, at sa sarili ninyong kasiyahan. Kailan pa ninyo Ako naisip habang nagsasalita o kumikilos kayo? Sa napakalalamig na araw, bumabaling ang isip ninyo sa inyong mga anak, sa inyong asawa, o sa inyong mga magulang. Sa napakaiinit na araw, wala rin Akong lugar sa isip ninyo. Kapag ginagampanan mo ang tungkulin mo, iniisip mo ang sarili mong kapakanan, ang sarili mong kaligtasan, ang mga kasapi ng pamilya mo. Ano ba ang nagawa mo na kailanman para sa Akin? Kailan mo ba Ako naisip? Kailan mo ba nailaan ang sarili mo, anuman ang kapalit, para sa Akin at sa gawain Ko? Nasaan ang katibayan na kaayon Kita? Nasaan ang realidad ng katapatan mo sa Akin? Nasaan ang realidad ng pagsunod mo sa Akin? Kailan ba na ang mga layunin mo ay hindi naging alang-alang sa pagkamit mo ng mga pagpapala Ko? Niloloko at nilililang ninyo Ako, pinaglalaruan ninyo ang katotohanan, itinatago ninyo ang pag-iral ng katotohanan, at ipinagkakanulo ang diwa ng katotohanan. Ano ang naghihintay sa inyo sa hinaharap sa paglaban sa Akin sa ganitong paraan? Naghahangad lamang kayong maging kaayon ng isang malabong Diyos, at naghahangad lamang ng isang malabong paniniwala, ngunit hindi kayo kaayon ni Cristo. Hindi ba magdudulot ang kasamaan ninyo ng kaparehong ganti na kagaya ng nararapat sa masasama? Sa oras na iyon, mapagtatanto ninyo na walang sinumang di-kaayon ni Cristo ang makatatakas sa araw ng poot, at matutuklasan ninyo kung anong uri ng ganti ang ibibigay sa yaong mga laban kay Cristo. Pagdating ng araw na iyon, ang mga pangarap ninyong mapagpala dahil sa pananalig ninyo sa Diyos at na makapasok sa langit ay mawawasak lahat. Gayunman, hindi magiging ganoon para sa yaong mga kaayon ni Cristo. Bagaman nawalan sila ng napakarami, bagaman nagdusa sila ng matinding paghihirap, tatanggapin nila ang lahat ng pamanang iiwan Ko sa sangkatauhan. Sa huli, maiintindihan ninyong Ako lamang ang matuwid na Diyos, at na Ako lamang ang may kakayahang dalhin ang sangkatauhan sa kanilang magandang hantungan.

Isa Ka bang Tunay na Mananampalataya sa Diyos?

Maaaring tinahak mo na ang landas ng pananampalataya sa Diyos nang higit sa isa o dalawang taon, at marahil nagtiis ka ng maraming paghihirap sa buhay mo sa mga taong ito; o marahil hindi ka nagtiis ng maraming paghihirap, at sa halip ay nakatanggap ng maraming biyaya. Maaari ring hindi ka nakaranas ni paghihirap o biyaya, ngunit

namuhay nang medyo hindi kapansin-pansing buhay. Anupaman, tagasunod ka pa rin ng Diyos, kaya magbahaginan tayo sa paksa ng pagsunod sa Diyos. Gayunman, dapat Kong paalalahanan ang lahat ng bumabasa sa mga salitang ito na nakatuon ang salita ng Diyos sa mga kumikilala at sumusunod sa Kanya, hindi sa lahat ng mga tao, kinikilala man nila Siya o hindi. Kung naniniwala kang nakikipag-usap ang Diyos sa masa, sa lahat ng tao sa mundo, walang magiging bisa sa iyo ang salita ng Diyos. Kaya naman, dapat mong tandaan ang lahat ng salitang ito sa puso mo, at hindi palaging ibinubukod ang sarili mo sa mga ito. Gayunman, pag-usapan natin ang nangyayari sa sambahayan natin.

Dapat nauunawaan na ninyong lahat ngayon ang totoong kahulugan ng pananampalataya sa Diyos. Nauugnay sa positibong pagpasok ninyo ang kahulugan ng pananampalataya sa Diyos na dati Ko nang nabanggit. Iba ngayon: Ngayon, nais Kong suriin ang diwa ng pananampalataya ninyo sa Diyos. Siyempre, ginagabayan kayo nito mula sa isang negatibong aspeto; kung hindi Ko ito gagawin, hindi ninyo kailanman malalaman ang tunay ninyong mukha, at magpakailanman ipagyayabang ang pagkamaka-Diyos at katapatan ninyo. Makatarungang sabihing kung hindi Ko inilantad ang kapangitan sa kaibuturan ng mga puso ninyo, maglalagay ng korona sa ulo ang bawat isa sa inyo at sasarilinin ang lahat ng kaluwalhatian. Ang mapagmataas at palalong mga kalikasan ninyo ang nagtutulak sa inyo na ipagkanulo ang sarili ninyong mga konsensya, na maghimagsik at lumaban kay Cristo, at upang ibunyag ang kapangitan ninyo, sa gayo'y inilalantad ang inyong mga balak, mga kuru-kuro, mga magagarbong pagnanais, at mga matang puno ng kasakiman. Gayunpaman ay patuloy kayong dumadaldal tungkol sa habambuhay ninyong silakbo ng damdamin para sa gawain ni Cristo, at inuulit-ulit ang mga katotohanang matagal nang sinabi ni Cristo. Ito ang “pananampalataya” ninyo—ang inyong “pananampalatayang walang karumihan.” Tinrato Ko ang tao sa mahigpit na pamantayan sa buong panahon. Kung may kaakibat na mga balak at kondisyon ang katapatan mo, mas nanaisin Ko pang wala ang tinatawag mong katapatan, sapagkat nasusuklam Ako sa mga nanlilinlang sa Akin sa pamamagitan ng kanilang mga balak at nangingikil sa Akin sa pamamagitan ng mga kondisyon. Hiling Ko lamang na maging lubos na tapat sa Akin ang tao, at gawin ang lahat ng bagay para sa kapakanan ng—at para patunayan ang—isang salita: pananampalataya. Kinamumuhian Ko ang paggamit ninyo ng mga pambobola upang subukang pasayahin Ako, sapagkat palagi Ko kayong pinakitunguhan nang may sinseridad, at kaya ninanais Ko ring pakitunguhan ninyo Ako nang may totoong pananampalataya. Pagdating sa pananampalataya, maaaring iniisip ng marami na sumusunod sila sa Diyos sapagkat may pananampalataya sila, kung hindi ay hindi sila magtitiis ng gayong pagdurusa. Kaya ito ang tanong Ko sa iyo: Kung naniniwala ka sa pag-iral ng Diyos, bakit hindi mo Siya iginagalang? Kung naniniwala ka sa pag-iral ng Diyos, bakit wala ka ni katiting na takot sa Kanya sa puso mo? Tinatanggap mong si Cristo ang pagkakatawang-tao ng Diyos, ngunit bakit hinahamak mo Siya? Bakit ka lapastangang umaasal sa Kanya? Bakit lantaran mo Siyang hinahatulan? Bakit palagi

mong minamanmanan ang Kanyang mga pagkilos? Bakit hindi ka nagpapasakop sa Kanyang mga pagsasaayos? Bakit hindi ka kumikilos nang naaayon sa Kanyang salita? Bakit mo sinusubukang kikilan at pagnakawan Siya ng mga alay para sa Kanya? Bakit ka nagsasalita mula sa kinatatayuan ni Cristo? Bakit mo hinuhusgahan kung tama ba ang gawain at salita Niya? Bakit ka nangangahas na lapastanganin Siya sa Kanyang likuran? Ang mga ito ba at ang iba pa ang bumubuo sa pananampalataya ninyo?

Sa mga salita at pag-uugali ninyo ay nahahayag ang mga elemento ng kawalan ninyo ng paniniwala kay Cristo. Lumalaganap ang kawalan ng paniniwala sa mga motibo at mga layon ng lahat ng ginagawa ninyo. Maging ang pakiramdam ng titig ninyo ay naglalaman ng kawalan ng paniniwala kay Cristo. Maaaring sabihing sa bawat minuto, nagkikimkim ang bawat isa sa inyo ng mga elemento ng kawalan ng paniniwala. Ibig sabihin, sa bawat sandali, kayo ay nanganganib na ipagkanulo si Cristo, sapagkat ang dugong nananalaytay sa katawan ninyo ay nanunuot sa kawalan ng paniniwala sa Diyos na nagkatawang-tao. Samakatuwid, sinasabi Kong hindi tunay ang mga yapak na iniwan ninyo sa landas ng pananampalataya sa Diyos; habang tinatahak ninyo ang landas ng pananampalataya sa Diyos, hindi ninyo itinatayo nang matatag ang mga paa ninyo sa lupa—kayo ay wala sa loob na kumikilos lamang. Kailanman ay hindi ninyo lubos na pinaniwalaan ang salita ni Cristo at walang kakayahang isagawa ito kaagad. Ito ang dahilan kung bakit wala kayong pananampalataya kay Cristo. Ang palaging pagkakaroon ng mga kuru-kuro tungkol sa Kanya ay isa pang dahilan kaya wala kayong pananampalataya sa Kanya. Magpakailanmang nagdududa tungkol sa gawain ni Cristo, hinahayaang nababalewala ang salita ni Cristo, pagkakaroon ng opinyon sa kung anumang gawain ang ginagawa ni Cristo at hindi maunawaan nang tama ang gawaing ito, nahihirapang isaisantabi ang mga kuru-kuro ninyo kahit ano pang paliwanag ang matanggap ninyo, at iba pa—ang lahat ng ito ang mga elemento ng kawalan ng paniniwalang nakahalo sa mga puso ninyo. Kahit na nasusunod ninyo ang gawain ni Cristo at hindi kailanman napag-iwanan, masyadong maraming paghihimagsik ang nakahalo sa mga puso ninyo. Ang paghihimagsik na ito ay isang karumihan sa paniniwala ninyo sa Diyos. Marahil ay iniisip ninyong hindi kayo ganoon, ngunit kung hindi ninyo kayang mabatid ang mga balak ninyo mula rito, siguradong magiging isa kayo sa mga mapapahamak, sapagkat ginagawang perpekto lamang ng Diyos ang mga totoong naniniwala sa Kanya, hindi iyong mga nagdududa sa Kanya, at pinakalalong hindi iyong mga atubiling sumusunod sa Kanya sa kabila ng hindi paniniwala kailanman na Siya ang Diyos.

Hindi nagagalak sa katotohanan ang ilang tao, lalo na sa paghatol. Sa halip, nagagalak sila sa kapangyarihan at mga kayamanan; ang mga taong ganoon ay tinatawag na mga mapaghanap ng kapangyarihan. Hinahanap lamang nila ang mga denominasyon sa mundo na may impluwensya, at hinahanap lamang nila ang mga pastor at mga gurong galing sa mga seminaryo. Bagaman tinanggap na nila ang daan ng katotohanan, hindi sila lubos na naniniwala; wala silang kakayahang ibigay ang lahat ng puso at isip nila,

ang mga bibig nila ay nagsasalita ng paggugol ng mga sarili nila para sa Diyos, ngunit ang kanilang mga mata ay nakatuon sa mga dakilang pastor at guro, at hindi nila binibigyan si Cristo ng karagdagang pansin. Nakatuon ang kanilang mga puso sa katanyagan, kayamanan, at karangalan. Hindi sila naniniwalang ang isang ganoon kaliit na tao ay may kakayahang lupigin ang napakarami, na ang isang hindi kapansin-pansin ay mapeperpekto ang tao. Iniisip nilang imposibleng ang mga hamak na kasama ng alikabok at mga tambak ng dumi ay ang mga taong hinirang ng Diyos. Naniniwala silang kung ang gayong mga tao ang mga pakay ng pagliligtas ng Diyos, ang langit at lupa ay mababaliktad, at ang lahat ng tao ay tatawa nang tatawa. Naniniwala silang kung pinili ng Diyos ang gayong mga hamak upang perpektuhin, kung gayon ang mga dakilang taong iyon ay magiging Diyos Mismo. Ang mga pananaw nila ay may bahid ng kawalan ng paniniwala; higit pa sa hindi paniniwala, sila ay mga hibang na hayop lamang. Sapagkat pinahahalagahan lamang nila ang katayuan, katanyagan, at kapangyarihan, at pinahahalagahan lamang nila ang malalaking grupo at denominasyon. Wala silang ni katiting na pagmamalasakit para sa mga inakay ni Cristo; sila ay mga taksil lamang na tumalikod kay Cristo, sa katotohanan, at sa buhay.

Hindi ang pagpapakumbaba ni Cristo ang hinahangaan mo, kundi ang mga huwad na pastol na may bantog na katayuan. Hindi mo minamahal ang pagiging kaibig-ibig o ang karunungan ni Cristo, kundi iyong mahahalay na nakalublob sa karumihan ng mundo. Tinatawanan mo ang pasakit ni Cristo na walang lugar na mapagpapahingahan ng Kanyang ulo, ngunit hinahangaan mo ang mga bangkay na naghahanap ng mga alay at namumuhay sa kabuktutan. Hindi ka handang magdusa sa tabi ni Cristo, ngunit masayang inihahagis ang sarili sa mga bisig ng mga walang habas na anticristo, kahit na tinutustusan ka lamang nila ng laman, mga salita, at kontrol. Kahit ngayon, bumabaling pa rin sa kanila ang puso mo, tungo sa kanilang reputasyon, sa kanilang katayuan, sa kanilang impluwensya. Gayunpaman patuloy kang nagtataglay ng saloobin na nahihirapan kang paniwalaan ang gawain ni Cristo at mabigat sa kalooban mong tanggapin ito. Ito ang dahilan kung bakit sinasabi Kong kulang ka sa pananampalataya upang kilalanin si Cristo. Ang dahilan kung bakit ka sumunod sa Kanya hanggang ngayon ay dahil lamang wala kang ibang pagpipilian. Nangingibabaw sa puso mo magpakailanman ang isang serye ng matatayog na imahe; hindi mo makakalimutan ang kanilang bawat salita at gawa, ni ang kanilang maimpluwensiyang mga salita at mga kamay. Sa mga puso ninyo, sila ay kataas-taasan at mga bayani magpakailanman. Ngunit hindi ganito para sa Cristo ng kasalukuyan. Wala Siyang halaga sa puso mo magpakailanman, at hindi karapat-dapat sa paggalang magpakailanman. Sapagkat napakakaraniwan Niya, may lubhang napakaliit na impluwensya, at malayo sa pagiging napakatayog.

Magkagayunman, sinasabi Kong ang lahat ng hindi nagpapahalaga sa katotohanan ay mga walang pananampalataya at mga taksil sa katotohanan. Ang mga ganoong tao ay hindi kailanman makatatanggap ng pagsang-ayon ni Cristo. Natukoy mo na ba ngayon kung gaano kalaki ang kawalan ng paniniwalang nasa kalooban mo, at kung

gaano kalaki ang pagtataksil kay Cristo na mayroon ka? Ikaw ay Aking pinapayuhan nang ganito: Dahil pinili mo na ang daan ng katotohanan, dapat mong ilaan ang sarili mo nang buong puso; huwag maging salawahan o mahina ang loob. Dapat mong maunawaan na ang Diyos ay hindi nabibilang sa mundo o sa sinumang tao, kundi sa lahat ng totoong nananampalataya sa Kanya, sa lahat ng sumasamba sa Kanya, at sa lahat ng nagmamahal at tapat sa Kanya.

Ngayon, malaki pa rin ang nananatiling kawalan ng paniniwala sa inyo. Tingnang mabuti ang loob ng mga sarili ninyo, at tiyak na matatagpuan ninyo ang kasagutan ninyo. Kapag natagpuan mo ang tunay na kasagutan, aaminin mong hindi ka mananampalataya sa Diyos, sa halip ay isang nanlilinlang, lumalapastangan, at nagkakanulo sa Kanya, at isang taksil sa Kanya. Pagkatapos ay mapagtatanto mong si Cristo ay hindi tao, kundi Diyos. Kapag dumating ang araw na iyon, igagalang, katatakutan, at tunay na mamahalin mo si Cristo. Sa kasalukuyan, ang pananampalataya ninyo ay tatlumpung porsyento lamang ng puso ninyo, habang ang pitumpung porsyento ay puno ng pagdududa. Lahat ng ginagawa at sinasabi ni Cristo ay malamang na magbibigay sa inyo ng mga kuru-kuro at opinyon tungkol sa Kanya, mga kuru-kuro at pakiwaring nagmumula sa ganap ninyong kawalan ng paniniwala sa Kanya. Hinahangaan at kinatatakutan lamang ninyo ang di-nakikitang Diyos na nasa langit, at walang malasakit para sa buhay na Cristo na nasa lupa. Hindi ba ito rin ang kawalan ninyo ng paniniwala? Pinananabikan lamang ninyo ang Diyos na gumanap sa gawain sa nakaraan, ngunit hindi hinaharap ang Cristo ng kasalukuyan. Ang lahat ng ito ang “pananampalataya,” nakahalo sa mga puso ninyo magpakailanman, ang pananampalatayang hindi naniniwala sa Cristo ng kasalukuyan. Hindi sa minamaliit Ko kayo, sapagkat sobra ang kawalan ng paniniwala sa inyo, malaking bahagi ninyo ang hindi dalisay at dapat himayin. Ang mga karumihang ito ay tanda na wala kayong anumang pananampalataya; marka ang mga ito ng pagtalikod ninyo kay Cristo, at tinatatakan kayo ng mga ito bilang taksil kay Cristo. Ang mga ito ay tabing sa kaalaman ninyo kay Cristo, isang hadlang sa pagkakamit sa inyo ni Cristo, isang balakid sa pagkakatugma ninyo kay Cristo, at patunay na hindi kayo inaayunan ni Cristo. Ngayon ang panahon upang suriin ang lahat ng bahagi ng buhay ninyo! Sa paggawa nito’y makikinabang kayo sa lahat ng paraang maaaring maisip!

Ginagawa ni Cristo ang Gawain ng Paghatol sa Pamamagitan ng Katotohanan

Ang gawain ng mga huling araw ay upang pagbukud-bukurin ang lahat ayon sa kanilang uri, at upang tapusin ang plano ng pamamahala ng Diyos, sapagkat ang oras ay malapit na at ang araw ng Diyos ay dumating na. Dinadala ng Diyos ang lahat ng nakapasok sa Kanyang kaharian—lahat ng naging tapat sa Kanya hanggang sa katapusan—tungo sa kapanahunan ng Diyos Mismo. Subalit, bago ang pagdating ng kapanahunan ng

Diyos Mismo, ang gawain ng Diyos ay hindi upang magmasid sa mga gawa ng tao, o magtanong tungkol sa buhay ng tao, kundi upang hatulan ang pagkasuwail ng tao, sapagkat dadalisayin ng Diyos ang lahat ng lalapit sa harap ng Kanyang luklukan. Lahat ng nakasunod sa mga yapak ng Diyos hanggang sa araw na ito ay yaong mga nagsilapit sa harap ng luklukan ng Diyos, at yamang ganito, ang bawat isang tao na tumatanggap sa gawain ng Diyos sa huling yugto nito ang siyang pakay ng pagdadalisay ng Diyos. Sa ibang salita, ang lahat ng tumatanggap sa gawain ng Diyos sa huling yugto nito ang siyang pakay ng paghatol ng Diyos.

Sa paghatol na nagsisimula sa bahay ng Diyos na nasabi sa mga nagdaang panahon, ang “paghatol” sa mga salitang ito ay tumutukoy sa paghatol na ginagawa ng Diyos ngayon sa mga lumalapit sa harap ng Kanyang luklukan sa mga huling araw. Marahil ay may mga naniniwala sa ganoong higit-sa-karaniwang mga naguguni-guni gaya ng, sa pagdating ng mga huling araw, magtatayo ang Diyos ng malaking mesa sa mga kalangitan, na kung saan ang isang puting tapete ay ilalatag, at pagkatapos, nakaupo sa isang dakilang luklukan na ang lahat ng mga tao ay nakaluhod sa lupa, ibubunyag Niya ang mga kasalanan ng bawat tao at doon ay malalaman kung sila ay aakyat sa langit o itatapon sa lawa ng nagniningas na apoy at asupre. Anuman ang mga naguguni-guni ng tao, hindi nito mababago ang diwa ng gawain ng Diyos. Ang mga naguguni-guni ng tao ay walang iba kundi ang mga nabubuong kaisipan ng tao at nanggagaling sa utak ng tao, binuo at pinagtaghi-taghi mula sa mga nakita at narinig ng tao. Samakatuwid Aking sinasabi, gaano man kaganda ang mga larawang naisip, ang mga ito ay mga iginuhit lamang na karikatura, at hindi maaaring humalili sa plano ng gawain ng Diyos. Kung tutuusin, ang tao ay nagawa nang tiwali ni Satanas, kaya papaano niya maaarok ang mga iniisip ng Diyos? Hinahaka ng tao na ang gawain ng paghatol ng Diyos ay talagang kamangha-mangha. Naniniwala ang tao na dahil ang Diyos Mismo ang nagsasagawa ng gawain ng paghatol, kung gayon ang gawaing ito ay may pinakapambihirang sukat, at hindi mauunawaan ng mga mortal, at aalingawngaw hanggang sa mga kalangitan at yayanigin ang lupa; kung hindi, papaano ito magiging gawain ng paghatol ng Diyos? Naniniwala siya na dahil ito ay gawain ng paghatol, kung gayon ang Diyos ay dapat na maging lalong kapita-pitagan at maringal habang Siya ay gumagawa, at yaong mga hinahatulan ay dapat na nagpapalahaw sa pag-iyak at nakaluhod na nagmamakaawa. Ang ganoong mga tagpo ay tiyak na kagila-gilalas at masyadong nakapupukaw.... Naguguni-guni ng bawat tao na mapaghimala ang gawain ng paghatol ng Diyos. Alam mo ba, gayunman, na, noong matagal nang sinimulan ng Diyos ang Kanyang gawain ng paghatol sa tao, nananatili kang tulog na tulog? Na, sa oras na inaakala mong ang gawain ng paghatol ng Diyos ay pormal nang nagsimula, nabago na ng Diyos ang langit at lupa? Sa oras na iyon, malamang ay noon mo pa lamang naintindihan ang kahulugan ng buhay, ngunit ang walang-awang gawain ng pagpaparusa ng Diyos ay magdadala sa iyo, na natutulog pa ring mahimbing, sa impiyerno. Saka mo lamang biglang mapagtatanto na ang gawain ng paghatol ng Diyos ay natapos na.

Huwag na nating sayangin ang mahalagang oras natin, at huwag nang pag-usapan pa itong mga nakamumuhi at kasuklam-suklam na mga paksa. Sa halip ay pag-usapan natin kung ano ang bumubuo sa paghatol. Pagdating sa salitang “paghatol,” malamang na maiisip mo ang mga salitang sinabi ni Jehova para turuan ang mga tao sa bawat rehiyon at ang mga salitang sinabi ni Jesus para tuligsain ang mga Pariseo. Bagamat matigas ang mga pananalitang ito, ang mga ito ay hindi paghatol ng Diyos sa tao, mga salita lamang ito na sinabi ng Diyos sa loob ng magkakaibang mga kapaligiran, iyon ay, sa magkakaibang konteksto. Ang mga salitang ito ay hindi kagaya ng mga salitang sinabi ni Cristo ng mga huling araw habang hinahatulan Niya ang tao. Ang Cristo ng mga huling araw ay gumagamit ng iba’t ibang katotohanan para maturuan ang tao, para ibunyag ang diwa ng tao, at suriin ang kanyang mga salita at gawa. Ang mga salitang ito ay binubuo ng iba’t ibang katotohanan, gaya ng tungkulin ng tao, paano dapat sundin ng tao ang Diyos, paano dapat maging tapat ang tao sa Diyos, paano dapat isabuhay ng tao ang normal na pagkatao, gayundin ang karunungan at disposisyon ng Diyos, at iba pa. Ang mga salitang ito ay nakatuon lahat sa diwa ng tao at sa kanyang tiwaling disposisyon. Partikular na, yaong mga salitang naglalantad kung paano tinatanggihan ng tao ang Diyos ay sinasabi patungkol sa kung paano kinakatawan ng tao si Satanas, at naging puwersa ng kaaway laban sa Diyos. Sa pagsasakatuparan ng Kanyang gawain ng paghatol, hindi lamang basta nililina ng Diyos ang likas na pagkatao ng tao sa iilang salita lamang; inilalantad, pinakikitunguhan, at tinatabas Niya nang pangmatagalan. Ang lahat ng ganitong mga pamamaraan ng paglalantad, pakikitungo, at pagpupungos ay hindi maaaring mahalinhan ng mga ordinaryong salita, kundi ng katotohanang hindi man lang taglay ng tao. Ang ganitong klaseng mga pamamaraan lamang ang matatawag na paghatol; sa pamamagitan lamang ng ganitong uri ng paghatol masusupil ang tao at makukumbinsi nang husto tungkol sa Diyos, at bukod pa ryan ay makamtan ang tunay na pagkakilala sa Diyos. Ang idinudulot ng gawain ng paghatol ay ang pagkaunawa ng tao sa tunay na mukha ng Diyos at sa katotohanan tungkol sa kanyang sariling pagkasuwail. Ang gawain ng paghatol ay nagbibigay-daan sa tao na magtamo ng malawak na pagkaunawa sa kalooban ng Diyos, sa layunin ng gawain ng Diyos, at sa mga hiwagang hindi niya maunawaan. Tinutulutan din nito ang tao na makilala at malaman ang kanyang tiwaling diwa at ang mga ugat ng kanyang katiwalian, gayundin para matuklasan ang kapangitan ng tao. Ang mga epektong ito ay bunga lahat ng gawain ng paghatol, sapagkat ang diwa ng gawaing ito ay ang mismong gawain ng pagbubukas ng katotohanan, ng daan, at ng buhay ng Diyos sa lahat ng may pananampalataya sa Kanya. Ang gawaing ito ay ang gawain ng paghatol na ginagawa ng Diyos. Kung hindi mo pinag-uukulan ang mga katotohanang ito ng pagpapahalaga at palaging iniisip ang pag-iwas sa mga ito, o paghahanap ng isang bagong daan bukod sa mga ito, kung gayon sinasabi Kong lubha kang makasalan. Kung mayroon kang pananampalataya sa Diyos, ngunit hindi mo hinahanap ang katotohanan o ang kalooban ng Diyos, ni

hindi iniibig ang daan na naglalapit sa iyo sa Diyos, kung gayon sinasabi Kong ikaw ay isa na sinusubukang iwasan ang paghatol, at na isa kang sunud-sunuran at taksil na tumatakas mula sa dakilang puting luklukan. Hindi patatawarin ng Diyos ang sinuman sa mga mapanghimagsik na tumatakas sa ilalim ng Kanyang mga mata. Ang gayong mga tao ay makatatanggap ng lalo pang mas mabigat na kaparusahan. Silang mga nagsilapit sa harap ng Diyos upang mahatulan, at higit pa ay nadalisay na, ay mananahan magpakailanman sa kaharian ng Diyos. Siyempre, ito ay bagay na nabibilang sa hinaharap.

Ang gawain ng paghatol ay sariling gawain ng Diyos, kaya natural na ang Diyos Mismo ang dapat gumawa nito; hindi ito maaaring gawin ng tao para sa Kanya. Sapagkat ang paghatol ay ang paglupig sa lahi ng tao sa pamamagitan ng katotohanan, walang pag-aalinlangan na magpapakita pa rin ang Diyos bilang nagkatawang-taong imahe upang gawin ang gawaing ito sa mga tao. Ibig sabihin, gagamitin ng Cristo ng mga huling araw ang katotohanan upang turuan ang mga tao sa buong mundo at ipaalam ang lahat ng katotohanan sa kanila. Ito ang gawain ng paghatol ng Diyos. Maraming may dikasiya-siyang damdamin tungkol sa ikalawang pagkakatawang-tao ng Diyos, dahil mahirap para sa tao na paniwalaan na ang Diyos ay magkakatawang-tao upang gawin ang paghatol. Gayunpaman, kailangang sabihin Ko sa iyo na kadalasan ang gawain ng Diyos ay lumalampas nang labis sa mga inaasahan ng tao, at mahirap para sa mga isipan ng mga tao na tanggapin. Sapagkat ang mga tao ay mga uod lamang sa lupa, samantalang ang Diyos ay ang kataas-taasang Isa na pumupuno sa sansinukob; ang isipan ng tao ay katulad lamang ng isang balon ng maruming tubig na nagbubunga lamang ng mga uod, samantalang ang bawat yugto ng gawain na pinapatnubayan ng mga kaisipan ng Diyos ay ang bunga ng karunungan ng Diyos. Palaging hinahangad ng tao na makipaglaban sa Diyos, kung saan ay sinasabi Ko na hayag na hayag kung sino ang magdurusa ng kawalan sa katapusan. Ipinapayo Ko sa inyong lahat na huwag ninyong ipalagay ang inyong mga sarili na mas mahalaga kaysa ginto. Kung kaya ng iba na tanggapin ang paghatol ng Diyos, bakit hindi mo kaya? Gaano ka na ba kataas kaysa sa iba? Kung kaya ng iba na magyuko ng ulo sa harap ng katotohanan, bakit hindi mo rin magawa ang ganoon? Ang gawain ng Diyos ay mayroong hindi-mahahadlangang bilis ng pagtakbo. Hindi na Niya uulitin ang gawain ng paghatol dahil lang sa “kontribusyon” na nagawa mo, at labis kang magsisisi dahil pinalagpas mo ang gayon kagandang pagkakataon. Kung hindi mo pinaniniwalaan ang Aking mga salita, kung gayon maghintay ka na lamang sa malaking puting luklukan sa langit na magpasa ng paghatol sa iyo! Kailangang malaman mo na lahat ng Israelita ay tinanggihan at itinatwa si Jesus, gayunman ang katunayan ng pagtubos ni Jesus sa sangkatauhan ay umabot pa rin sa buong sansinukob at hanggang sa mga dulo ng mundo. Hindi ba ito isang realidad na matagal nang ginawa ng Diyos? Kung naghihintay ka pa rin kay Jesus na dalhin ka paakyat sa langit, kung gayon ay sinasabi Ko na isa kang sutil na piraso ng

tuyong kahoy.^a Hindi kikilalanin ni Jesus ang isang huwad na tagasunod na kagaya mo, na hindi tapat sa katotohanan at naghahangad lamang ng mga biyaya. Sa kabaligtaran, hindi Siya magpapakita ng awa sa paghahagis sa iyo sa lawa ng apoy upang masunog sa loob ng sampu-sampung libong taon.

Nauunawaan mo na ba ngayon kung ano ang paghatol at ano ang katotohanan? Kung naunawaan mo na, ipinapayo Ko na masunuring magpasakop sa pagpapahatol, kung hindi ay hindi ka magkakaroon ng pagkakataon kailanman na papurihan ng Diyos o madala Niya sa Kanyang kaharian. Yaong mga tumatanggap lamang ng paghatol ngunit hindi kailanman maaaring mapadalisa, ibig sabihin, yaong mga nagsisitas sa gitna ng gawain ng paghatol, ay kamumuhian at itatakwil ng Diyos magpakailanman. Ang kanilang mga kasalanan ay mas marami, at mas mabigat, kaysa roon sa mga Pariseo, sapagkat pinagtaksilan nila ang Diyos at naghimagsik sila laban sa Diyos. Ang gayong mga tao na ni hindi karapat-dapat na magsagawa ng paglilingkod ay tatanggap ng mas mabigat na parusa, isang parusang bukod diyan ay pangwalang-hanggan. Hindi patatawarin ng Diyos ang sinumang taksil na minsan ay nagpakita ng katapatan sa mga salita subalit ipinagkanulo Siya pagkatapos. Ang ganitong mga tao ay gagantihan sa pamamagitan ng kaparusahan ng espiritu, kaluluwa, at katawan. Hindi ba ito mismo ang paghahayag ng matuwid na disposisyon ng Diyos? Hindi ba ito ang layunin ng Diyos sa paghatol sa tao, at pagbubunyag sa kanya? Ipapadala ng Diyos ang lahat ng gumagawa ng lahat ng uri ng masamang gawa sa panahon ng paghatol sa isang lugar na pinamumugaran ng masasamang espiritu, at hahayaan ang masasamang espiritong ito na wasakin ang kanilang katawang laman ayon sa gusto ng mga ito, at ang kanilang katawan ay mangangamoy bangkay. Iyon ang nararapat na ganti sa kanila. Isinusulat ng Diyos sa kanilang mga talaang aklat ang bawat isa sa mga kasalanan niyaong mga nananalig na hindi tapat at huwad, mga huwad na apostol, at mga huwad na manggagawa; pagkatapos, sa tamang panahon, itatapon Niya sila sa gitna ng maruruming espiritu, at hahayaan ang maruruming espiritong ito na dungisan ang kanilang buong katawan ayon sa gusto ng mga ito, upang hindi na sila makapagkatawang-taong muli kailanman at hindi na makitang muli ang liwanag kailanman. Yaong mga ipokrito na minsang naglingkod ngunit hindi nanatiling tapat hanggang sa huli ay ibinibilang ng Diyos sa masasama, kaya bumabagsak sila sa pakikipagsosyo sa mga masasama at nagiging bahagi ng kanilang magulong grupo; sa huli, pupuksain sila ng Diyos. Isinasantabi at hindi pinapansin ng Diyos yaong mga hindi kailanman naging tapat kay Cristo o hindi kailanman naglaan ng anumang pagsisikap nila, at pupuksain Niya silang lahat sa pagbabago ng mga kapanahunan. Hindi na sila iiral sa lupa, at lalong hindi makapapasok sa kaharian ng Diyos. Yaong hindi kailanman naging tapat sa Diyos, ngunit napilitan dahil sa kanilang kalagayan na humarap sa Kanya nang madalian, ay ibinibilang sa

^a Isang piraso ng tuyong kahoy: isang kawikaang Tsino, na ang ibig sabihin ay “walang pag-asa.”

mga yaong naglilingkod para sa Kanyang bayan. lilan lamang sa mga taong iyon ang mananatiling buhay, samantalang ang karamihan ay mamamatay na kasama ng mga nagbigay ng serbisyo na hindi umabot sa pamantayan. Sa huli, dadalhin ng Diyos sa Kanyang kaharian ang lahat ng tao na ang isipan ay kaayon ng Diyos, ang mga tao at ang mga anak ng Diyos, at pati na yaong mga itinakda ng Diyos na maging mga saserdote. Sila ang magiging bunga ng paglilinis na mula sa gawain ng Diyos. Patungkol sa mga yaong hindi kabilang sa anumang categoryang inilatag ng Diyos, ibibilang sila sa mga di-mananampalataya—at tiyak na maiisip ninyo kung ano ang kanilang kahihinatnan. Nasabi Ko na sa inyo ang lahat ng dapat Kong sabihin; kayo ang magpapasya kung aling landas ang inyong pipiliin. Ang dapat ninyong maunawaan ay ito: Ang gawain ng Diyos ay hindi kailanman naghihintay sa sinumang hindi nakakasabay sa Kanya, at ang matuwid na disposisyon ng Diyos ay hindi nagpapakita ng awa sa sinumang tao.

Alam Mo Ba? Gumawa ang Diyos ng Dakilang Bagay sa Gitna ng mga Tao

Lumipas na ang lumang kapanahunan, at dumating na ang bagong kapanahunan. Taun-taon at araw-araw, marami nang nagawang gawain ang Diyos. Pumarito Siya sa mundo at pagkatapos ay lumisan. Paulit-ulit ang siklong ito sa maraming salinlahi. Ngayon, patuloy na ginagawa ng Diyos, gaya ng dati, ang gawaing kailangan Niyang gawin, ang gawaing hindi pa Niya natatapos, dahil hindi pa Siya nakapagpapahinga hanggang sa araw na ito. Mula sa panahon ng paglikha hanggang sa kasalukuyan, marami nang ginawang gawain ang Diyos. Ngunit alam mo bang mas marami kaysa dati ang gawaing ginagawa ng Diyos ngayon, at na mas higit kaysa dati ang sukat ng Kanyang gawain? Ito ang dahilan kung bakit sinasabi Kong nakagawa ang Diyos ng dakilang bagay sa gitna ng mga tao. Napakahalaga ng lahat ng gawain ng Diyos, para sa tao man o para sa Diyos, sapagkat may kaugnayan sa tao ang bawat bagay sa Kanyang gawain.

Yamang hindi nakikita o nahahawakan ang gawain ng Diyos—lalong hindi nakikita ng mundo—paano ito magiging isang dakilang bagay? Anong uri ng bagay ang maituturing na dakila? Tiyak na walang makapagkakaila, na anumang gawain ang ginagawa ng Diyos, maipapalagay itong dakila, ngunit bakit Ko ito sinasabi tungkol sa gawaing ginagawa ng Diyos sa kasalukuyan? Kapag sinabi Kong gumawa ng isang dakilang bagay ang Diyos, walang alinlangang kabilang dito ang maraming hiwagang hindi pa nauunawaan ng tao. Pag-usapan natin ang mga ito ngayon.

Isinilang si Jesus sa isang sabsaban sa isang kapanahunang hindi maatim ang Kanyang pag-iral, ngunit kahit na ganito, hindi Siya kayang hadlangan ng mundo, at namuhay Siyang kasama ng mga tao sa loob ng tatlumpu't tatlong taon sa ilalim ng pangangalaga ng Diyos. Sa maraming taong ito ng buhay, naranasan Niya ang kapaitan ng mundo at natikman ang buhay ng pagdurusa sa lupa. Pinasan Niya ang malaking

pasanin ng pagkakapako sa krus upang tubusin ang buong sangkatauhan. Tinubos Niya ang lahat ng makasalanang namumuhay sa ilalim ng sakop ni Satanas, at sa wakas, bumalik ang Kanyang muling nabuhay na katawan sa Kanyang lugar na pahingahan. Ngayon ay nagsimula na ang bagong gawain ng Diyos, at ito rin ang simula ng isang bagong kapanahunan. Dinadala ng Diyos sa Kanyang sambahayan ang mga tinubos upang simulan ang Kanyang bagong gawain ng pagliligtas. Sa pagkakataong ito, mas masusi kaysa sa mga nakaraang panahon ang gawain ng pagliligtas. Hindi ang Banal na Espiritu na gumagawa sa tao ang nagdudulot sa kanya na magbago nang mag-isa, ni hindi ang katawan ni Jesus na nagpapakita sa mga tao upang isagawa ang gawaing ito, at pinakalalong hindiginagawa ang gawaing ito sa pamamagitan ng ibang paraan. Sa halip, ang Diyos na nagkatawang-tao ang gumagawa ng gawain at Siya Mismo ang nangangasiwa nito. Ginagawa Niya ito sa ganitong paraan upang akayin ang tao patungo sa bagong gawain. Hindi ba ito isang dakilang bagay? Hindi ginagawa ng Diyos ang gawaing ito sa pamamagitan ng isang bahagi ng sangkatauhan o sa pamamagitan ng mga propesiya; sa halip, ang Diyos Mismo ang gumagawa nito. Maaaring sabihin ng ilan na hindi ito dakilang bagay at na hindi ito makapagdadala ng labis na kasiyahan sa tao. Ngunit sasabihin Ko sa iyo na hindi lamang ito ang gawain ng Diyos, kundi isang bagay na mas malaki at mas higit pa.

Sa pagkakataong ito, pumaparito ang Diyos upang gumawa ng gawain hindi sa espirituwal na katawan, kundi sa isang napakakaraniwang katawan. Bukod dito, hindi lamang ito ang katawan ng ikalawang pagkakatawang-tao ng Diyos, ito rin ang katawan kung saan bumabalik ang Diyos sa katawang-tao. Isa itong napakapangkaraniwang katawang-tao. Wala kang makikitang anumang nagpapabukod-tangi sa Kanya sa iba, ngunit maaari kang magkamit mula sa Kanya ng mga katotohanang hindi pa narinig dati. Itong hamak na katawang-taong ito ang kumakatawan sa lahat ng mga salita ng katotohanan mula sa Diyos, nangangasiwa sa gawain ng Diyos sa mga huling araw, at nagpapahayag ng kabuuan ng disposisyon ng Diyos upang maintindihan ng tao. Hindi mo ba lubhang ninanais na makita ang Diyos na nasa langit? Hindi mo ba lubhang ninanais na maunawaan ang Diyos na nasa langit? Hindi mo ba lubhang ninanais na makita ang hantungan ng sangkatauhan? Sasabihin Niya sa iyo ang lahat ng mga lihim na ito—mga lihim na wala pang taong nakapagsabi sa iyo, at sasabihin din Niya sa iyo ang mga katotohanang hindi mo nauunawaan. Siya ang pintuan mo patungo sa kaharian, at gabay mo patungo sa bagong kapanahunan. Nagtataglay ng maraming hiwagang di-maarok ang gayong karaniwang katawang-tao. Maaaring hindi maintindihan para sa iyo ang Kanyang mga gawa, ngunit ang buong layunin ng gawaing ginagawa Niya ay sapat na upang hayaan kang makitang hindi Siya isang simpleng katawang-tao na gaya ng inaakala ng mga tao. Sapagkat kinakatawan Niya ang kalooban ng Diyos at ang pangangalagang ipinakita ng Diyos para sa sangkatauhan sa mga huling araw. Bagaman hindi mo naririnig ang mga salita Niya na tila yumayanig sa kalangitan at lupa, bagaman hindi mo nakikita ang mga mata Niya na tulad ng lumalagablab na apoy, at

bagaman hindi mo natatanggap ang disiplina ng Kanyang pamalong bakal, gayunman, maririnig mo mula sa Kanyang mga salita na mapagpoot ang Diyos, at mababatid na nagpapakita ang Diyos ng habag para sa sangkatauhan; makikita mo ang matuwid na disposisyon ng Diyos at ang karunungan Niya, at bukod dito, matatanto ang malasakit ng Diyos sa buong sangkatauhan. Ang gawain ng Diyos sa mga huling araw ay ang pahintulutan ang tao na makita ang Diyos na nasa langit na namumuhay kasama ng mga tao sa lupa, at bigyang-kakayahan ang tao na kilalanin, sundin, igalang, at mahalin ang Diyos. Ito ang dahilan kung bakit bumalik Siya sa katawang-tao sa pangalawang pagkakataon. Kahit na ang nakikita ng tao ngayon ay isang Diyos na katulad ng tao, isang Diyos na mayroong ilong at dalawang mata, at isang hindi kapansin-pansing Diyos, sa huli, ipakikita sa inyo ng Diyos na kung hindi umiral ang taong ito, sasailalim ang langit at lupa sa napakatinding pagbabago; kung hindi umiral ang taong ito, magdidilim ang kalangitan, masasadlak sa kaguluhan ang lupa, at mamumuhay ang buong sangkatauhan sa gitna ng taggutom at mga salot. Ipakikita Niya sa inyo na kung hindi pumarito ang Diyos na nagkatawang-tao upang iligtas kayo sa mga huling araw, matagal na sanang winasak ng Diyos ang buong sangkatauhan sa impierno; kung hindi umiral ang katawang-taong ito, magiging mga pangunahing makasalanan kayo magpakailanman, at magiging mga bangkay kayo habang panahon. Dapat ninyong malaman na kung hindi umiral ang katawang-taong ito, haharap ang buong sangkatauhan sa hindi maiiwasang kapahamakan at makikitang imposibleng makatakas sa mas matinding kaparusahang ipapataw ng Diyos sa sangkatauhan sa mga huling araw. Kung hindi isinilang ang karaniwang katawang-taong ito, lahat sana kayo'y nasa kalagayan kung saan nagsusumamo kayo para sa buhay nang walang kakayahang mamuhay at manalangin para sa kamatayan nang hindi namamatay; kung hindi umiral ang katawang-taong ito, hindi ninyo makakamit ang katotohanan at makakapunta sa harap ng trono ng Diyos ngayon, kundi sa halip, parurusahan kayo ng Diyos dahil sa mabibigat ninyong kasalanan. Alam ba ninyong kung hindi dahil sa pagbabalik sa katawang-tao ng Diyos, walang magkakaroon ng pagkakataon sa kaligtasan; at kung hindi dahil sa pagparito ng katawang-taong ito, matagal na sanang tinapos ng Diyos ang lumang kapanahunan? Dahil dito, magagawa pa rin ba ninyong tanggihan ang ikalawang pagkakatawang-tao ng Diyos? Yamang napakaraming pakinabang ang matatamo ninyo sa karaniwang taong ito, bakit hindi ninyo Siya malugod na tatanggapin?

Ang gawain ng Diyos ay isang bagay na hindi mo mauunawaan. Kung hindi mo lubos na maunawaan kung tama ba ang desisyon mo, ni hindi mo mabatid kung magtatagumpay ba ang gawain ng Diyos, bakit hindi mo subukan ang kapalaran mo at tingnan kung maaari bang maging malaking tulong sa iyo ang karaniwang taong ito, at kung tunay ngang gumawa na ang Diyos ng dakilang gawain? Gayunman, dapat Kong sabihin sa iyo na sa panahon ni Noe, nagsisikain at nagsisiinom ang mga tao, nag-aasawa at pinag-aasawa hanggang sa hindi na ito makayang saksihan ng Diyos, kaya nagpadala Siya ng malaking baha upang wasakin ang sangkatauhan, na ang iniwang

ligtas ay pamilya lamang ni Noe na walong tao at ang lahat ng uri ng mga ibon at mga hayop. Gayunman, sa mga huling araw, ang mga iniwang ligtas ng Diyos ay iyong lahat ng naging tapat sa Kanya hanggang sa huli. Bagaman ang parehong kapanahunan ay puno ng matinding katiwaliang hindi makayang saksihan ng Diyos, at ang sangkatauhan sa parehong kapanahunan ay naging napakatiwali at itinanggi na ang Diyos ang Panginoon nila, ang mga tao lamang sa panahon ni Noe ang winasak ng Diyos. Nagdulot ng matinding pagkabalisa sa Diyos ang sangkatauhan sa parehong kapanahunan, subalit nanatiling mapagtiis ang Diyos sa mga tao sa mga huling araw hanggang ngayon. Bakit ganito? Hindi ba kayo kailanman nagtaka kung bakit? Kung tunay na hindi ninyo alam, hayaan ninyong sabihin Ko sa inyo. Ang dahilan kaya nagagawang magbigay ng Diyos ng biyaya sa mga tao sa mga huling araw ay hindi dahil sila ay hindi gaanong tiwali kaysa sa mga tao sa panahon ni Noe, o dahil nagpakita sila ng pagsisisi sa Diyos, lalong hindi dahil napakaunlad na ng teknolohiya sa mga huling araw na hindi sila maatim wasakin ng Diyos Mismo. Sa halip, ito ay dahil may gawaing kailangang gawin ang Diyos sa isang pangkat ng mga tao sa mga huling araw, at na ang Diyos ang Mismong gagawa ng gawaing ito sa Kanyang pagkakatawang-tao. Higit pa rito, pipili ang Diyos ng isang bahagi ng pangkat na ito na magiging mga pakay ng Kanyang pagliligtas at bunga ng Kanyang plano ng pamamahala, at dadalhin ang mga taong ito sa susunod na kapanahunan. Samakatuwid, kahit na anupaman, ang halagang ito na binayaran ng Diyos ay ganap na para sa paghahanda para sa gawaing gagawin ng Kanyang pagkakatawang-tao sa mga huling araw. Ang katotohanang nakarating kayo sa kasalukuyan ay dahil sa katawang-taong ito. Dahil nabubuhay ang Diyos sa katawang-tao kaya kayo may pagkakataong mabuhay. Nakamit ang lahat ng magandang kapalarang ito dahil sa karaniwang taong ito. Hindi lamang ito, ngunit sa huli, sasamba ang bawat bansa sa karaniwang taong ito, magbibigay din ng pasasalamat at susunod sa hamak na taong ito, dahil ang katotohanan, buhay, at daan na dala Niya ang nagligtas sa buong sangkatauhan, nagpahupa sa hidwaan sa pagitan ng tao at Diyos, nagpaikli sa agwat sa pagitan nila, at nagbukas ng ugnayan sa pagitan ng mga saloobin ng Diyos at tao. Siya rin ang nakakuha ng higit pang kaluwalhatian para sa Diyos. Hindi ba karapat-dapat sa tiwala at pagsamba mo ang karaniwang taong gaya nito? Hindi ba nararapat na tawaging Cristo ang ganitong karaniwang katawang-tao? Maaari bang ang ganitong karaniwang tao ay hindi maging pagpapahayag ng Diyos sa gitna ng mga tao? Hindi ba karapat-dapat ang ganitong tao, na nagligtas sa sangkatauhan mula sa sakuna, sa pagmamahal at pagnanais ninyong kumapit sa Kanya? Kung tinatanggihan ninyo ang mga katotohanang ipinahayag mula sa Kanyang bibig at kinamumuhian ang Kanyang pag-iral kasama ninyo, ano ang mangyayari sa inyo sa huli?

Ginagawa sa pamamagitan ng karaniwang taong ito ang lahat ng gawain ng Diyos sa mga huling araw. Ipagkakaloob Niya ang lahat ng bagay sa iyo, at higit pa rito, magagawa Niyang pagpasyahan ang lahat ng bagay na may kaugnayan sa iyo. Maaari bang ang ganitong tao ay tulad ng pinaniniwalaan ninyong Siya: isang taong

napakapayak na hindi karapat-dapat banggitin? Hindi ba sapat ang katotohanan Niya upang lubos kayong makumbinsi? Hindi ba sapat ang pagsaksi sa Kanyang mga gawa upang lubos kayong makumbinsi? O hindi ba karapat-dapat para sa inyo na tahakin ang landas na Kanyang dinadala? Kapag nasabi at nagawa na ang lahat, ano ang nagdudulot sa inyo na kasuklaman Siya at itaboy Siya at iwasan Siya? Ang taong ito ang nagpapahayag ng katotohanan, ang taong ito ang nagbibigay ng katotohanan, at ang taong ito ang nagbibigay sa inyo ng landas na susundan. Maaari kayang hindi pa rin ninyo nakikita ang mga bakas ng gawain ng Diyos sa loob ng mga katotohanang ito? Kung wala ang gawain ni Jesus, hindi makabababa ang sangkatauhan mula sa krus, ngunit kung wala ang pagkakatawang-tao ng kasalukuyan, hindi kailanman makakamit ng mga bumababa mula sa krus ang pagsang-ayon ng Diyos o makapapasok sa bagong kapanahunan. Kung wala ang pagparito ng karaniwang taong ito, hindi kayo kailanman magkakaroon ng pagkakataong makita ang tunay na mukha ng Diyos, ni magiging kuwalipikado, dahil lahat kayo ay mga bagay na matagal nang dapat winasak. Dahil sa pagparito ng ikalawang pagkakatawang-tao ng Diyos, napatawad kayo ng Diyos at pinakitaan kayo ng awa. Anupaman, ito pa rin ang mga salitang dapat Kong iwan sa inyo sa huli: Ang karaniwang taong ito, na Diyos na nagkatawang-tao, ay napakahalaga sa inyo. Ito ang dakilang bagay na ginawa na ng Diyos sa gitna ng mga tao.

Tanging si Cristo ng mga Huling Araw ang Makapagbibigay sa Tao ng Daan ng Buhay na Walang Hanggan

Ang daan ng buhay ay hindi isang bagay na maaaring magkaroon ang kahit na sinuman, ni hindi rin ito isang bagay na madaling matamo ng sinuman. Ito ay sapagkat maaari lamang magmula sa Diyos ang buhay, ibig sabihin, tanging ang Diyos Mismo lamang ang may taglay sa diwa ng buhay, at tanging ang Diyos Mismo lamang ang may daan ng buhay. Kaya tanging ang Diyos lamang ang pinagmumulan ng buhay, at ang bukal na may patuloy na umaagos na buhay na tubig ng buhay. Magmula noong nilikha Niya ang mundo, marami nang nagawang gawain ang Diyos na may kinalaman sa sigla ng buhay, marami na Siyang nagawang gawain na nagbibigay-buhay sa tao, at nagbayad Siya ng napakalaking halaga upang magkamit ng buhay ang tao. Ito ay sapagkat ang Diyos Mismo ang buhay na walang hanggan, at ang Diyos Mismo ang daan kung saan muling binubuhay ang tao. Hindi kailanman nawawala ang Diyos sa puso ng tao, at naninirahan Siyang kasama ng tao sa lahat ng oras. Siya ang puwersang nag-uudyok sa pamumuhay ng tao, ang ugat ng pag-iral ng tao, at isang mayamang mapagkukunan para sa pag-iral ng tao pagkatapos ng kapanganakan. Siya ang sanhi upang muling isilang ang tao, at binibigyang-kakayahan Niya itong isabuhay nang masigasig ang bawat papel nito. Salamat sa Kanyang kapangyarihan at sa Kanyang di-mapapawing

puwersa ng buhay, nabuhay ang tao sa sunud-sunod na mga salinlahi, at sa lahat ng ito'y ang kapangyarihan ng buhay ng Diyos ang pangunang sandigan sa pag-iral ng tao, at binayaran ng Diyos ang halagang hindi pa kailanman nabayaran ng isang karaniwang tao. Kayang manaig ang puwersa ng buhay ng Diyos sa anumang kapangyarihan; higit pa rito, higit ito sa alinmang kapangyarihan. Walang hanggan ang Kanyang buhay, higit sa karaniwan ang Kanyang kapangyarihan, at hindi magagapi ng anumang nilikha o puwersa ng kaaway ang Kanyang puwersa ng buhay. Umiiral ang puwersa ng buhay ng Diyos at pinagniningning ang makinang nitong liwanag anuman ang oras o lugar. Maaaring sumasailalim sa malalaking pagbabago ang langit at lupa, ngunit ang buhay ng Diyos ay ganoon pa rin magpakailanman. Maaaring lumilipas ang lahat ng bagay, ngunit mananatili pa rin ang buhay ng Diyos, sapagkat ang Diyos ang pinagmulan ng pag-iral ng lahat ng bagay at ang ugat ng kanilang pag-iral. Nanggaling sa Diyos ang buhay ng tao, dahil sa Diyos kaya mayroong kalangitan, at dahil sa kapangyarihan ng buhay ng Diyos kaya mayroong mundo. Walang bagay na nagtaglay ng kasiglahan ang kayang malampasan ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, at walang bagay na may lakas ang kayang takasan ang nasasakupan ng awtoridad ng Diyos. Sa ganitong paraan, maging sino man sila, dapat magpasakop ang lahat sa ilalim ng kapangyarihan ng Diyos, dapat mamuhay ang lahat sa ilalim ng pamamahala ng Diyos, at walang sinuman ang makatatakas mula sa Kanyang mga kamay.

Marahil ang makamit ng buhay ang ninanais mo ngayon, o marahil ninanais mong makamit ang katotohanan. Anuman ang kalagayan, nais mong matagpuan ang Diyos, matagpuan ang Diyos na maaasahan mo, at kayang magbigay sa iyo ng buhay na walang hanggan. Kung nais mong makamit ang buhay na walang hanggan, dapat mo munang maintindihan ang pinagmumulan ng buhay na walang hanggan at dapat mo munang malaman kung nasaan ang Diyos. Nasabi Ko na na tanging ang Diyos lamang ang buhay na hindi nababago, at tanging ang Diyos lamang ang nagtataglay ng daan ng buhay. Dahil ang Diyos ay ang buhay na hindi nagbabago, Siya kung gayon ang buhay na walang hanggan; dahil tanging ang Diyos lamang ang daan ng buhay, ang Diyos Mismo kung gayon ang daan ng buhay na walang hanggan. Samakatuwid, dapat mo munang maintindihan kung nasaan ang Diyos, at kung paano makamit itong daan ng buhay na walang hanggan. Magbahagian tayo ngayon tungkol dalawang usaping ito nang paisa-isa.

Kung nais mo talagang makamit ang daan ng buhay na walang hanggan, at kung masigasig ka sa paghahanap mo nito, kung gayon sagutin mo muna ang tanong na ito: Nasaan ang Diyos ngayon? Marahil sasagot ka, "Siyempre, nakatira ang Diyos sa langit—hindi Siya titira sa tahanan mo, hindi ba?" Marahil masasabi mo na maliwanag na naninirahan ang Diyos sa lahat ng bagay. O maaaring masabi mo na naninirahan sa puso ng bawat tao ang Diyos, o na nasa espirituwal na daigdig ang Diyos. Hindi Ko ipinagkakaila ang alinman dito, ngunit dapat Kong linawin ang usapin. Hindi lubos na tamang sabihing naninirahan ang Diyos sa puso ng tao, ngunit hindi rin ito lubos na mali.

Ito ay sapagkat, sa mga nananalig sa Diyos, mayroong totoo ang paniniwala at mga huwad ang paniniwala, mayroong mga sinasang-ayunan ng Diyos at mga hindi Niya sinasang-ayunan, mayroong mga nagbibigay-lugod sa Kanya at mga kinamumuhian Niya, at mayroong mga ginagawa Niyang perpekto at mga inaalis Niya. Kaya naman sinasabi Ko na naninirahan ang Diyos sa mga puso ng iilang tao, at walang-alinlangang ang mga taong ito ay ang mga tunay na naniniwala sa Diyos, ang mga sinasang-ayunan ng Diyos, ang mga nakalulugod sa Kanya, at ang mga ginagawa Niyang perpekto. Sila ang mga pinamumunuan ng Diyos. Dahil pinamumunuan sila ng Diyos, sila ang mga taong nakarinig at nakakita na ng daan ng Diyos sa buhay na walang hanggan. Ang mga huwad ang paniniwala sa Diyos, ang mga hindi sinasang-ayunan ng Diyos, ang mga kinamumuhian ng Diyos, ang mga inaalis ng Diyos—tiyak na tatanggihan sila ng Diyos, tiyak na mananatili silang walang daan ng buhay, at tiyak na mananatiling hindi nakakaalam kung nasaan ang Diyos. Sa kabaligtaran, ang mga taong may puso kung saan nananahan ang Diyos ay alam kung nasaan Siya. Sila ang mga taong pinagkakalooban ng Diyos ng daan ng buhay na walang hanggan, at sila ang mga sumusunod sa Diyos. Alam mo na ba ngayon kung nasaan ang Diyos? Kapwa nasa puso ng tao at nasa tabi ng tao ang Diyos. Hindi lamang Siya nasa espirituwal na daigdig, at nangingibabaw sa lahat, kundi mas higit na nasa lupa kung saan naroroon ang tao. Kung gayon dinala ng pagdating ng mga huling araw ang mga hakbang ng gawain ng Diyos sa panibagong kalagayan. Hawak ng Diyos ang kataas-taasang kapangyarihan sa bawat isa sa lahat ng bagay, at Siya ang pangunahing sandigan ng tao sa kanyang puso, at bukod dito, namumuhay Siyang kasama ng tao. Sa pamamagitan lamang nito Niya maihahatid ang daan ng buhay sa sangkatauhan, at maihahatid ang tao sa daan ng buhay. Pumarito sa lupa ang Diyos, at namumuhay kasama ng mga tao, upang maaaring makamitan ng tao ang daan ng buhay, at nang sa gayon ay magkaroon ng tao. Kasabay nito, pinamumunuan din ng Diyos ang bawat isa sa lahat ng bagay, upang padaliin ang pagtutulungan sa pamamahala na ginagawa Niya sa tao. Kaya naman, kung kinikilala mo lamang ang doktrinang nasa langit at nasa puso ng tao ang Diyos, subalit hindi kinikilala ang katotohanan ng pamumuhay ng Diyos kasama ng mga tao, kung gayon ay hindi mo kailanman makakamit ang buhay, at hindi mo kailanman makakamit ang daan ng katotohanan.

Ang Diyos Mismo ang buhay, at ang katotohanan, at sabay na umiiral ang Kanyang buhay at katotohanan. Ang mga walang kakayahang magkamit ng katotohanan ay hindi kailanman magkakamit ang buhay. Kung wala ang patnubay, pag-alalay, at pagtustos ng katotohanan, ang tanging makakamit mo lamang ay mga titik, mga doktrina, at, higit sa lahat, kamatayan. Laging naririyang ang buhay ng Diyos, at umiiral nang sabay ang Kanyang katotohanan at buhay. Kung hindi mo matatagpuan ang pinagmulan ng katotohanan, kung gayon ay hindi mo makakamit ang pampalusog ng buhay; kung hindi mo makakamit ang panustos ng buhay, kung gayon tiyak na hindi ka magkakaroon ng katotohanan, kaya bukod sa mga guni-guni at mga kuru-kuro, ang kabuuan ng katawan mo ay magiging walang iba kundi ang laman mo—ang umaalingasaw mong laman.

Dapat mong malaman na hindi itinuturing na buhay ang mga salita ng mga aklat, hindi maaaring sambahin na katotohanan ang mga talaan ng kasaysayan, at hindi maaaring magsilbing isang ulat ng mga salitang sinasabi ng Diyos sa kasalukuyan ang mga tuntunin ng nakalipas. Tanging ang mga inihahayag lamang ng Diyos kapag pumaparito Siya sa lupa at namumuhay kasama ng tao ang katotohanan, ang buhay, ang kalooban ng Diyos, at ang Kanyang kasalukuyang paraan ng paggawa. Kung ginagamit mo ang mga talaan ng mga salitang sinabi ng Diyos noong mga nagdaang panahon hanggang ngayon, ikaw ay nagiging isang arkeologo, at isang dalubhasa sa mga minanang kasaysayan ang pinakamainam na paraan ng paglalarawan sa iyo. Iyon ay sapagkat palagi kang naniniwala sa mga bakas ng gawaing ginawa ng Diyos noong mga nagdaang panahon, naniniwala lamang sa anino ng Diyos na naiwan mula noong dati Siyang gumawa kasama ng mga tao, at naniniwala lamang sa daang ibinigay ng Diyos sa Kanyang mga tagasunod noong nakalipas na mga panahon. Hindi ka naniniwala sa direksiyon ng gawain ng Diyos ngayon, hindi ka naniniwala sa maluwalhating anyo ng Diyos ngayon, at hindi ka naniniwala sa daan ng katotohanan na kasalukuyang inihahayag ng Diyos. Kaya hindi maikakailang nangangarap ka nang gising na ganap nang wala na sa realidad. Kung ngayon ay nananatili ka pa ring nakakapit sa mga salitang walang kakayahang magbigay ng buhay sa mga tao, kung gayon ay isa kang walang pag-asang piraso ng tuyong kahoy,^a dahil masyado kang makaluma, masyadong suwail, masyadong hindi naapektuhan ng katwiran!

Ang Diyos na nagkatawang-tao ay tinatawag na Cristo, at kaya ang Cristo na kayang magbigay ng katotohanan sa tao ay tinatawag na Diyos. Walang pagmamalabis rito, sapagkat taglay Niya ang diwa ng Diyos, at taglay Niya ang disposisyon ng Diyos, at karunungan sa Kanyang gawain, na hindi kayang abutin ng tao. Ang mga tumatawag sa sarili nila na Cristo, subalit hindi naman kayang gawin ang gawain ng Diyos, ay mga manlilinlang. Hindi lamang pagpapakita ng Diyos sa lupa si Cristo, kundi partikular din na katawang-taong tinaglay ng Diyos habang ginagawa at tinatapos Niya ang Kanyang gawain sa tao. Hindi maaaring palitan ang katawang-taong ito ng kahit na sinumang tao, kundi isang katawang-taong sapat na makakayanan ang gawain ng Diyos sa lupa, at maipapahayag ang disposisyon ng Diyos, at kakatawan nang mahusay sa Diyos, at makapagbibigay ng buhay sa tao. Sa malao't madali, babagsak lahat ng nagpapanggap na Cristo, sapagkat bagama't inaangkin nilang sila si Cristo, hindi nila taglay ang diwa ni Cristo. Kaya naman sinasabi Ko na hindi kayang tukuyin ng tao ang pagiging-tunay ni Cristo, ngunit sinasagot at pinagpapasyahan ito ng Diyos Mismo. Sa ganitong paraan, kung tunay mong ninanais na hanapin ang daan ng buhay, dapat mo munang kilalaning ginagampanan ng Diyos ang gawain ng pagkakaloob ng daan ng buhay sa tao sa pamamagitan ng pagpunta sa lupa, at dapat mong kilalaning sa mga huling araw Siya

^a Isang piraso ng tuyong kahoy: isang kawikaang Tsino, na ang ibig sabihin ay “walang pag-asa.”

pupunta sa lupa upang ipagkaloob ang daan ng buhay sa tao. Hindi ito tumutukoy sa nakalipas; nangyayari ito ngayon.

Ang Cristo ng mga huling araw ay naghahatid ng buhay, at naghahatid ng walang maliw at walang katapusang daan ng katotohanan. Ang katotohanang ito ang landas kung saan makakamit ng tao ang buhay, at ito lamang ang tanging landas kung saan makikilala ng Diyos at masasang-ayunan ng Diyos ang tao. Kung hindi mo hinahanap ang daan ng buhay na ibinigay ni Cristo ng mga huling araw, kung gayon ay hindi mo kailanman makakamit ang pagsang-ayon ni Jesus, at hindi ka kailanman magiging karapat-dapat pumasok sa pintuan ng kaharian ng langit, sapagkat kapwa ka bulag na tagasunod at bilanggo ng kasaysayan. Ang mga kontrolado ng mga tuntunin, ng mga titik, at iginapos ng kasaysayan ay hindi kailanman makakamit ang buhay ni makakamit ang walang-hanggang daan ng buhay. Ito ay sapagkat ang mayroon lamang sila ay malabong tubig na kinapitan ng libu-libong taon sa halip na tubig ng buhay na dumadaloy mula sa trono. Mananatili magpakailanman na mga bangkay, mga laruan ni Satanas, at mga anak ng impierno ang mga hindi natustusan ng tubig ng buhay. Kung gayon, paano nila mapagmamasdan ang Diyos? Kung nagsisikap ka lamang na panghawakan ang nakaraan, nagsisikap lamang na panatilihin ang mga bagay sa kung ano sila sa pamamagitan ng hindi paggalaw, at hindi sinusubukang baguhin ang nakasanayan na at itapon ang kasaysayan, kung gayon hindi ka ba magiging palaging laban sa Diyos? Malawak at makapangyarihan ang mga hakbang ng gawain ng Diyos, tulad ng rumaragasang mga alon at dumadagundong na mga kulog—subalit nakaupo kang walang imik na naghihintay ng pagkawasak, nakakapit sa kahangalan mo at walang ginagawa. Sa ganitong paraan, paano ka maituturing na isang taong sumusunod sa mga yapak ng Kordero? Paano mo mabibigyang-katwiran na ang Diyos na kinakapitan mo ay isang Diyos na laging bago at hindi kailanman naluluma? At paano ka maihahatid ng mga salita sa mga nanilaw mong mga libro patawid sa panibagong kapanahunan? Paano ka maaakay ng mga ito para mahanap mo ang mga hakbang ng gawain ng Diyos? At paano ka nila madadala paakyat sa langit? Ang hawak mo sa mga kamay mo ay ang mga titik na magbibigay lamang ng panandaliang ginhawa, hindi ang mga katotohanang kayang magbigay ng buhay. Ang mga banal na kasulatang binabasa mo ay pinagyayaman lamang ang dila mo at hindi mga salita ng pilosopiyang makatutulong sa pag-unawa mo sa buhay ng tao, lalong hindi mga landas na makapaghahatid sa iyo sa pagiging perpekto. Hindi ba nagdudulot sa iyo na magmuni-muni ang pagkakaibang ito? Hindi ba nito naipapaunawa sa iyo ang mga hiwagang napapaloob dito? May kakayahan ka bang dalhin ang sarili mo sa langit upang makipagkita sa Diyos nang ikaw lang? Kung walang pagdating ng Diyos, kaya mo bang dalhin ang sarili mo sa langit upang matamasa ang kasiyahang pampamilya kasama ang Diyos? Nananaginip ka pa rin ba ngayon? Imumungkahi Ko, kung gayon, na ihinto mo ang pananaginip at tingnan kung sino ang gumagawa ngayon—tingnan para makita kung sino ngayon ang nagpapatupad sa gawain ng pagliligtas sa tao sa mga huling araw. Kung hindi mo gagawin, hindi mo

kailanman makakamit ang katotohanan, at hindi mo kailanman makakamit ang buhay.

Pinakakatawa-tawang mga tao sa mundo ang mga nagnanais na makamit ang buhay nang hindi umaasa sa katotohanang sinabi ni Cristo, at mga namumuhay sa guni-guni ang mga hindi tumatanggap sa daan ng buhay na dinala ni Cristo. Kaya naman sinasabi Ko na kamumuhian ng Diyos magpakailanman ang mga taong hindi tumatanggap kay Cristo ng mga huling araw. Si Cristo ang pasukan ng tao patungo sa kaharian sa mga huling araw, at walang sinuman ang makalalampas sa Kanya. Hindi magagawang perpekto ng Diyos ang sinuman kung hindi sa pamamagitan ni Cristo lamang. Naniniwala ka sa Diyos, kaya dapat mong tanggapin ang Kanyang mga salita at sundin ang Kanyang daan. Hindi mo maaaring isipin lamang ang magkamit ng mga pagpapala kung wala ka namang kakayahang tumanggap ng katotohanan at wala kang kakayahang tumanggap ng pagtustos ng buhay. Darating si Cristo sa mga huling araw upang mabigyan ng buhay ang lahat ng tunay na naniniwala sa Kanya. Alang-alang sa pagtatapos ng lumang kapanahunan at pagpasok sa bago ang Kanyang gawain, at ang Kanyang gawain ang landas na dapat tahakin ng lahat ng papasok sa bagong kapanahunan. Kung wala kang kakayahang kilalanin Siya, at sa halip ay kinokondena, nilalapastangan, o inuusig pa Siya, kung gayon ay nakatadhana kang masunog nang walang-hanggan at hindi ka kailanman makapapasok sa kaharian ng Diyos. Dahil ang Cristong ito ang Mismong pagpapahayag ng Banal na Espiritu, ang pagpapahayag ng Diyos, ang Siyang pinagkatiwalaan ng Diyos na gawin ang Kanyang gawain sa lupa. Kaya naman sinasabi Ko na kung hindi mo matatanggap ang lahat ng ginagawa ni Cristo ng mga huling araw, kung gayon ay nilalapastangan mo ang Banal na Espiritu. Maliwanag sa lahat ang ganting matatanggap ng mga lumalapastangan sa Banal na Espiritu. Sinasabi Ko rin sa iyo na kung nilalabanan mo si Cristo ng mga huling araw, kung tinatanggihan mo nang may paghamak si Cristo ng mga huling araw, wala nang iba pa ang makapagpapasan sa mga kahihinatnan para sa iyo. Higit pa rito, simula sa araw na ito ay hindi ka na magkakaroon ng isa pang pagkakataong makamit ang pagsang-ayon ng Diyos; kahit na subukan mo pang makabawi, hindi mo na mapagmamasdan muli ang mukha ng Diyos kahit kailan. Sapagkat hindi isang tao ang nilalabanan mo, hindi isang mahinang nilalang ang tinatanggihan mo nang may paghamak, kundi si Cristo. Alam mo ba ang kahihinatnan nito? Hindi isang maliit na pagkakamali ang magagawa mo, kundi isang karumal-dumal na krimen. Kaya naman pinapayuhan Ko ang lahat na huwag ilabas ang mga pangil ninyo sa harap ng katotohanan, o gumawa ng walang-ingat na mga pamumuna, dahil ang katotohanan lamang ang makapagdadala sa iyo ng buhay, at wala nang iba pa kundi katotohanan ang makapagdudulot sa iyo na muli kang isilang at mapagmasdang muli ang mukha ng Diyos.

Maghanda ng Sapat na Mabubuting Gawa para sa Iyong Hantungan

Nakagawa na Ako ng maraming gawain na kasama ninyo, at siyempre, nakapagbigay na rin ng ilang pahayag. Ngunit hindi Ko mapigilang maramdaman na hindi pa lubusang natutupad ng mga salita Ko at ng mga gawain Ko ang layunin ng gawain Ko sa mga huling araw. Dahil sa mga huling araw, ang gawain Ko ay hindi alang-alang sa isang tiyak na tao o tiyak na mga tao, kundi upang ipakita ang angking disposisyon Ko. Gayunman, dahil sa napakaraming kadahilanan—marahil kakulangan ng panahon o sobrang pagiging abala sa gawain—hindi pa nagtamo ang tao ng anumang kaalaman tungkol sa Akin mula sa disposisyon Ko. Kaya’t sinisimulan Ko ang bago Kong plano, ang pangwakas Kong gawain, at nagbubukas ng isang bagong pahina sa gawain Ko upang ang lahat ng nakakakita sa Akin ay malakas na hahampasin ang kanilang dibdib at tatangis at mananaghoy nang walang patid dahil sa pag-iral Ko. Ito ay dahil inihahatid Ko sa mundo ang katapusan ng sangkatauhan, at mula ngayon, inilalantad Ko ang buo Kong disposisyon sa harap ng sangkatauhan, upang ang lahat ng nakakikilala sa Akin at ang lahat ng hindi ay lubos na mapagmamasdan at makikita na tunay ngang dumating na Ako sa daigdig ng tao, dumating na sa lupa kung saan nagpaparami ang lahat ng bagay. Ito ang plano Ko, at ang tangi Kong “pangungumpisal” mula nang likhain Ko ang sangkatauhan. Maipagkaloob nawa ninyo ang buong pansin sa bawat galaw Ko, dahil minsan pang lumalapit ang tungkod Ko sa sangkatauhan, sa lahat ng sumasalungat sa Akin.

Kasama ang mga kalangitan, sinisimulan Ko ang gawaing dapat Kong gawin. Kaya’t naglalakad Ako sa gitna ng daloy ng mga tao at kumikilos sa pagitan ng langit at lupa, nang walang sinumang nakahihiwatig kahit kailan sa mga galaw Ko o nakapapansin sa mga salita Ko. Samakatuwid, maayos pa ring sumusulong ang plano Ko. Dahil lamang naging lubhang manhid ang lahat ng inyong pandama kung kaya’t hindi ninyo alintana ang mga hakbang ng gawain Ko. Ngunit tiyak na darating ang araw na matatanto ninyo ang mga layon Ko. Ngayon, namumuhay Akong kasama ninyo at nagdurusang kasama ninyo, at malaon Ko nang natutuhang unawain ang saloobin ng sangkatauhan sa Akin. Hindi Ko nais na magsalita pa tungkol dito, lalong hindi Ko nais na dulutan kayo ng kahihyan sa pagtukoy ng higit pang mga pangyayari ng masakit na paksang ito. Umaasa lamang Ako na matatandaan ninyo sa inyong mga puso ang lahat ng nagawa ninyo, upang mapagtama natin ang ating mga ulat sa araw ng muli nating pagkikita. Hindi Ko nais paratanganan nang mali ang sinuman sa inyo, dahil lagi Akong kumilos nang makatarungan, patas, at may dangal. Siyempre, umaasa rin Ako na kayo ay magiging marangal at hindi gagawa ng anumang laban sa langit at lupa o sa inyong budhi. Ito lamang ang bagay na hinihingi Ko sa inyo. Maraming tao ang hindi mapalagay at naiilang dahil nakagawa sila ng mga karumal-dumal na pagkakamali, at marami ang ikinahihiya ang mga sarili nila dahil hindi sila kailanman nakaganap ng isang mabuting gawa. Ngunit’t

marami rin sila, na sa halip makadama ng kahihyan dahil sa kanilang mga kasalanan, ay nagiging palala nang palala, ganap na nagpipilas ng maskarang nagkukubli sa kanilang kasuklam-suklam na mga katangian—na hindi pa lubusang nalalantad—upang subukin ang disposisyon Ko. Hindi Ko pinahahalagahan, o pinapansin, ang mga kilos ng sinumang tao. Sa halip, ginagawa Ko ang gawaing dapat Kong gawin, maging ito man ay paglikom ng impormasyon, o paglalakbay sa lupain, o paggawa ng isang bagay na umaayon sa mga interes Ko. Sa mahahalagang pagkakataon, ipinagpapatuloy Ko ang gawain Ko sa piling ng mga tao tulad ng orihinal na pagkakaplano, hindi nahuhuli o napaaaga ng isa mang saglit, at nang may kapwa alwan at bilis. Gayunman, sa bawat hakbang ng gawain Ko, may naisasantabing ilang tao, dahil kinamumuhian Ko ang kanilang mga pambobola at pakunwaring pagsunod. Silang mga kasuklam-suklam sa Akin ay tiyak na tatalikdan, sadya man o hindi. Sa madaling salita, nais Kong manatiling malayo sa Akin ang lahat ng kinasusuklaman Ko. Hindi na kailangang sabihin pa, hindi Ko ititira ang mga buktot na nananatili sa tahanan Ko. Dahil nalalapit na ang araw ng kaparusahan ng tao, hindi Ako nagmamadaling patalsikin mula sa tahanan Ko ang lahat ng mga kasuklam-suklam na kaluluwa, sapagkat may sarili Akong plano.

Ngayon ang panahon na tinutukoy Ko ang katapusan ng bawat tao, hindi ang yugto na sinimulan Kong hubugin ang tao. Isinusulat Ko sa Aking talaang aklat, isa-isa, ang mga salita at kilos ng bawat tao, ang kanyang piniling landas sa pagsunod sa Akin, ang kanyang likas na mga katangian, at kung paano sila umasal sa dakong huli. Sa ganitong paraan, anumang uri ng tao sila, walang sinumang makatatakas sa kamay Ko, at ang lahat ay makakasama ng kanilang kauri ayon sa itinalaga Ko. Pinagpapasyahan Ko ang hantungan ng bawat tao hindi batay sa gulang, katandaan, tindi ng pagdurusa, at lalong hindi batay sa kung gaano siya kaawa-awa, kundi batay sa kung taglay niya ang katotohanan. Wala nang ibang pagpipilian kundi ito. Dapat ninyong matanto na parurusahan din ang lahat ng hindi sumusunod sa kalooban ng Diyos. Ito ay isang dinababagong katotohanan. Samakatuwid, lahat ng pinarurusahan ay pinarurusahan nang gayon para sa katuwiran ng Diyos at bilang ganti sa kanilang maraming masasamang gawa. Wala pa Akong ginawang isa mang pagbabago sa plano Ko mula nang simulan ito. Gayon na nga lamang na, kapag nauukol sa tao, tila nababawasan ang bilang ng mga pinatutungkulan Ko ng mga salita Ko, tulad din ng mga tunay Kong kinalulugdan. Gayunman, pinaninindgian Ko na hindi pa kailanman nagbago ang plano Ko; sa halip, ang pananampalataya at pag-ibig ng tao ang tuwina'y nagbabago, tuwina'y humihina, hanggang sa punto na posible para sa bawat tao na mapunta mula sa paglalangis sa Akin tungo sa pagiging malamig sa Akin o maging sa pagwawaksi sa Akin. Ang saloobin Ko sa inyo ay hindi magiging mainit o malamig, hanggang maramdaman Ko ang suklam at pandidiri, at sa wakas ay magpataw ng kaparusahan. Gayunman, sa araw ng inyong kaparusahan, makikita Ko pa rin kayo, ngunit hindi na ninyo magagawang makita Ako. Dahil ang pakikipamuhay sa inyo ay naging nakapapagod at nakababagot na sa Akin, kaya, hindi na kailangang sabihin pa, nakapili na Ako ng ibang mga kapaligiran na

paninirahan, upang lalong maiwasan ang sakit na dulot ng inyong mga malisyosong salita at layuan ang inyong di-mababatang nakaririmarim na ugali, upang hindi na ninyo Ako malinlang o ituring Ako nang gayon-gayon na lamang. Bago Ko kayo iwan, dapat Ko pa rin kayong hikayating tumigil sa paggawa ng mga hindi naaayon sa katotohanan. Sa halip, dapat ninyong gawin yaong nakakalugod sa lahat, na nagdadala ng pakinabang sa lahat at yaong may pakinabang sa sarili ninyong hantungan, kung hindi, wala nang ibang magdurusa sa gitna ng kapahamakan kundi kayo.

Ang awa Ko ay inihahayag sa mga nagmamahal sa Akin at nagtatatwa ng kanilang mga sarili. Samantala, ang kaparusahang sumasapit sa masasama ay mismong patunay ng matuwid na disposisyon Ko at, higit pa, patotoo sa poot Ko. Kapag sumapit ang sakuna, lahat ng sumasalungat sa Akin ay mananangis habang sila'y binibiktima ng taggutom at salot. Silang nakagawa na ng lahat ng uri ng kasamaan, ngunit sumunod na sa Akin nang maraming taon, ay hindi makatatakas sa pagbabayad para sa kanilang mga kasalanan; sila rin ay mahuhulog sa sakuna, na ang katulad ay bihirang nakita sa loob ng milyon-milyong taon, at mamumuhay sila na palaging may sindak at takot. At yaong mga tagasunod Ko na nakapagpakita na ng katapatan sa Akin ay magagalak at pupurihin ang kapangyarihan Ko. Mararanasan nila ang di-mailarawang katiwasayan at mabubuhay sa gitna ng kagalakang kailanman ay hindi Ko pa naipagkaloob sa sangkatauhan. Dahil itinuturing Kong yaman ang mabubuting gawa ng tao at kinasusuklanan ang kanilang masasamang gawa. Mula nang una Kong simulang pangunahan ang sangkatauhan, masugid na Akong umaasa na makamit ang isang pangkat ng mga taong may kaisipang katulad ng sa Akin. Samantala, hindi Ko kailanman nalilimutan yaong mga hindi Ko kaisa sa pag-iisip; lagi Ko silang kinasusuklanan sa puso Ko, hinihintay ang pagkakataong gantihan Ko sila, na maiibigan Kong makita. Ngayon ay dumating na sa wakas ang araw Ko, at hindi Ko na kailangan pang maghintay!

Ang huling gawain Ko ay hindi lamang alang-alang sa pagpaparusa sa tao, kundi alang-alang din sa pag-aayos ng patutunguhan ng tao. Bukod dito, ito ay upang kilalanin ng lahat ng mga tao ang mga gawa at mga kilos Ko. Nais Kong makita ng bawat isang tao na tama ang lahat ng nagawa Ko na, at na ang lahat ng nagawa Ko na ay pagpapahayag ng disposisyon Ko. Hindi kagagawan ng tao, lalong hindi ng kalikasan, ang nagluwal sa sangkatauhan, kundi Ako, na nag-aaruga sa lahat ng nabubuhay na nilalang sa sangnilikha. Kung wala ang pag-iral Ko, mapapahamak lamang ang sangkatauhan at pagdurusa ang hagupit ng kapahamakan. Walang tao ang kailanman ay makikitang muli ang napakarikit na araw at buwan, o ang luntiang mundo; makakatagpo lamang ng sangkatauhan ang napakalamig na gabi at ang walang tinag na lambak ng anino ng kamatayan. Ako lamang ang kaligtasan ng sangkatauhan. Ako lamang ang pag-asa ng sangkatauhan at, higit pa rito, Ako ang Siya kung saan nakasalalay ang pag-iral ng lahat ng sangkatauhan. Kung wala Ako, agad na hihinto ang sangkatauhan. Kung wala Ako, magdurusa ng kapahamakan at yuyurakan ng lahat ng uri ng mga multo ang sangkatauhan, bagaman walang nagbibigay ng pansin sa Akin. Nakagawa na Ako ng gawaing walang

ibang sinumang makagagawa, at umaasa lamang na mababayaran Ako ng tao ng ilang mabubuting gawa. Bagaman iilan lamang ang nagagawang makabayad sa Akin, tatapusin Ko pa rin ang paglalakbay Ko sa mundo ng tao at sisimulan ang susunod na hakbang ng naglaladlad na gawain Ko, sapagkat ang lahat ng nagmamadaling paroo't parito Ko sa gitna ng tao nitong maraming taon ay naging mabunga, at napakanasisiyahan Ako. Ang pinahahalagahan Ko ay hindi ang bilang ng mga tao, kundi ang mabubuti nilang gawa. Gayunman, umaasa Akong naghahanda kayo ng sapat na mabubuting gawa para sa patutunguhan ninyo. Kung gayon ay malulugod Ako; kung hindi, wala sa inyong makatatakas sa sakunang sasapitin ninyo. Magmumula sa Akin ang sakuna at mangyari pa ay isinasaayos Ko. Kung hindi kayo lilitaw bilang mabuti sa paningin Ko, hindi ninyo matatakasang pagdusahan ang sakuna. Sa gitna ng kapighatian, ang mga kilos at mga gawa ninyo ay hindi itinuring na lubos na naaangkop, dahil hungkag ang pananampalataya at pagmamahal ninyo, at ipinakita lamang ninyo ang mga sarili ninyo na mahiyain o matigas. Tungkol dito, gagawa lamang Ako ng paghatol ng mabuti o masama. Ang pag-aalala Ko ay patuloy na ang paraan kung paanong ang bawat isa sa inyo ay kumikilos at nagpapahayag ng sarili niya, na siyang batayan kung saan tutukuyin Ko ang wakas ninyo. Gayunman, dapat Ko itong gawing malinaw: Tungo sa yaong mga hindi nagpakita sa Akin ni katiting na katapatan sa mga panahon ng kapighatian, hindi na Ako magiging maaawain, sapagkat natatakdaan ang abot ng habag Ko. Higit pa rito, wala Akong gugustuhin sa sinumang minsan na Akong ipinagkanulo, mas lalong hindi Ko gustong nakikipag-ugnayan sa yaong mga nagkakanulo sa mga kapakanan ng mga kaibigan nila. Ito ang disposisyon Ko, hindi alintana kung sino man ang taong iyan. Dapat Ko itong sabihin sa inyo: Sinumang babasag sa puso Ko ay hindi makatatanggap ng habag mula sa Akin sa ikalawang pagkakataon, at ang sinumang naging matapat sa Akin ay magpakailanmang mananatili sa puso Ko.

Kanino Ka Matapat?

Ngayon mismo, bawat araw na pinagdaraan ninyo ay lubhang mahalaga, at pinakamahalaga sa inyong kahahantungan at kapalaran, kaya't dapat ninyong itangi ang lahat ng mayroon kayo ngayon, at pahalagahan ang bawat minutong lumilipas. Kailangan ninyong bigyan ng oras ang inyong sarili na matuto nang husto upang hindi mawalan ng saysay ang buhay ninyo. Maaaring nalilito kayo kung bakit sinasabi Ko ang mga ito. Sa totoo lang, ni hindi Ako nalulugod sa mga ikinikilos ng sinuman sa inyo, dahil hindi kayo ngayon katulad ng mga inaasahan Ko sa inyo. Kaya't ito ang masasabi Ko: Bawat isa sa inyo ay nasa bingit ng kapahamakan, at ang mga dati ninyong paghingi ng tulong at hangaring patuloy na hanapin ang katotohanan at hanapin ang liwanag ay malapit nang magwakas. Ito ang inyong huling pagpapakita ng pagbabayad, at ito ay isang bagay na hindi Ko inaasahan. Hindi Ko nais magsalita nang salungat sa mga katotohanan, dahil

labis ninyo Akong nabigo. Marahil ay ayaw ninyong tanggapin ito nang walang laban, ayaw ninyong harapin ang realidad—ngunit tapatan Kong itatanong ito sa inyo: Sa nagdaang mga taon na ito, ano ba talaga ang nakapuspos sa puso ninyo? Kanino matapat ang mga ito? Huwag ninyong sabihin na bigla na lamang lumabas ang mga tanong na ito, at huwag ninyo Akong tanungin kung bakit Ako nagtanong ng ganito. Dapat ninyong malaman ito: Ito ay dahil kilalang-kilala Ko kayo, labis Ko kayong pinagmamalasakitan, at ipinuhunan Ko na ang malaking bahagi ng puso Ko sa inyong kilos at mga gawa kaya pinanagot Ko kayo nang walang humpay at pinagbata ng matitinding paghihirap. Ngunit wala kayong iginaganti sa Akin kundi pagwawalang-bahala at napakasakit na pagkikibit-balikat. Labis ninyo Akong nakaligtaan; posible bang hindi Ko malaman iyon? Kung ito ang pinaniniwalaan ninyo, lalo itong nagpapatunay na hindi mabuti ang pagtrato ninyo sa Akin. Kaya nga, sinasabi Ko na umiiwas kayo. Masyado kayong tuso kaya ni hindi ninyo alam ang inyong ginagawa—kaya ano ang gagamitin ninyo para managot sa Akin?

Ang katanungang lubos na nakababahala sa Akin ay kung kanino talaga matapat ang puso ninyo. Umaasa rin Ako, na sisikapin ng bawat isa sa inyo na ayusin ang inyong pag-iisip, at itanong ninyo sa inyong sarili kung kanino kayo matapat at para kanino kayo nabubuhay. Marahil ay hindi pa ninyo napag-isipang mabuti ang mga katanungang ito, kaya ano kaya kung ihayag Ko sa inyo ang mga kasagutan?

Sinumang nakakaalala ay kikilalanin ang katotohanang ito: Ang tao ay nabubuhay para sa kanyang sarili at matapat sa kanyang sarili lamang. Hindi Ako naniniwala na tama ang lahat ng sagot ninyo, dahil may kanya-kanyang buhay ang bawat isa sa inyo at nahihirapan sa sarili ninyong pagdurusa. Sa gayon, matapat kayo sa mga taong mahal ninyo at sa mga bagay na nagpapasaya sa inyo; hindi lubos ang katapatan ninyo sa inyong sarili. Dahil bawat isa sa inyo ay iniimpluwensyahan ng mga tao, pangyayari, at bagay sa inyong paligid, hindi kayo talaga matapat sa inyong sarili. Sinasabi Ko ito hindi para ayunan ang katapatan ninyo sa inyong sarili, kundi upang ilantad ang katapatan ninyo sa anumang bagay, dahil sa lumipas na napakaraming taon, hindi kailanman naging matapat sa Akin ang sinuman sa inyo. Sumunod na kayo sa Akin sa mga nakalipas na taon, ngunit hindi ninyo Ako nabigyan ni katiting na katapatan kailanman. Sa halip, napainog ninyo ang inyong buhay sa mga taong mahal ninyo at sa mga bagay na nagpapasaya sa inyo—kaya sa tuwina, at saanman kayo magpunta, pinanatili ninyo silang malapit sa puso ninyo at hindi sila pinabayaan kailanman. Tuwing kinasasabikan o kinagigiliwan ninyo ang anumang bagay na gustung-gusto ninyo, nangyayari ito habang sumusunod kayo sa Akin, o kahit habang nakikinig kayo sa Aking mga salita. Kaya nga, sinasabi Ko na ginagamit ninyo ang katapatang hinihingi Ko sa inyo upang sa halip ay maging matapat sa inyong mga “paborito” at itangi ang mga ito. Magsakripisyo man kayo ng isa o dalawang bagay para sa Akin, hindi ito kumakatawan sa lahat ng maibibigay ninyo, at hindi nagpapakita na sa Akin kayo talaga matapat. Nakikibahagi kayo sa mga gawaing gustung-gusto ninyo: Matapat ang ilang tao sa mga anak na lalaki at babae, ang iba naman sa kanilang

asawa, kayamanan, trabaho, nakatataas, katayuan, o kababaihan. Hindi kayo nagsasawa o nayayamot kailanman sa mga bagay na matapat kayo; sa halip, lalo pa kayong nasasabik na magkaroon ng mas marami ng mga bagay na ito na mas mataas ang kalidad, at hindi kayo sumusuko kailanman. Ako at ang Aking mga salita ay palaging nahuhuli sa mga bagay na gustung-gusto ninyo. At wala kayong magagawa kundi ihuli ang mga ito. Mayroon pang mga tao na inihuhuli ito para sa mga bagay na matapat sila na kailangan pa nilang tuklasin. Kailanma'y wala ni katiting na bakas Ko sa puso nila. Maaari ninyong isipin na napakarami Kong hinihingi sa inyo o mali Ako sa pag-akusa sa inyo—ngunit naisip na ba ninyo kahit kailan ang katotohanan na habang masaya kayong gumugugol ng oras sa piling ng inyong pamilya, ni minsan ay hindi kayo naging matapat sa Akin? Sa ganitong mga pagkakataon, hindi ba kayo nasasaktan? Kapag puspos ng kagalakan ang inyong puso, at ginantimpalaan kayo para sa inyong mga pagpapagal, hindi ba kayo nalulungkot na hindi ninyo napagkalooban ang inyong sarili ng sapat na katotohanan? Kailan kayo naiyak dahil hindi ninyo natanggap ang Aking pagsang-ayon? Nag-iisip kayong mabuti at lubhang nagpapakasakit alang-alang sa inyong mga anak na lalaki at babae, ngunit hindi pa rin kayo nasisiyahan; naniniwala pa rin kayo na hindi kayo nagpakasipag para sa kanila, na hindi pa ninyo nagagawa ang lahat ng kaya ninyo para sa kanila. Gayunman, sa Akin, lagi kayong nagpapabaya at walang-ingat; nasa alaala lamang ninyo Ako, ngunit hindi Ako nananatili sa puso ninyo. Ang Aking debosyon at mga pagsisikap ay hindi ninyo nadarama palagi, at hindi kayo kailanman nagkaroon ng pagpapahalaga sa mga iyon. Nagninilay-nilay lamang kayo sandali at naniniwala na sasapat na ito. Hindi ganito ang “katapatan” na matagal Ko nang pinananabikan, kundi ito yaong matagal Ko nang kinasusuklanan. Gayon pa man, anuman ang sabihin Ko, isa o dalawang bagay lamang ang patuloy ninyong inaamin; hindi ninyo ito lubos na matanggap, dahil masyadong “tiwala” kayong lahat, at lagi ninyong pinipili ang tatanggapin ninyo sa mga sinabi Ko. Kung ganito pa rin kayo ngayon, mayroon Akong ilang pamamaraan sa pagharap sa tiwala ninyo sa sarili—at, bukod pa ryan, ipapakita Ko sa inyo na lahat ng salita Ko ay totoo, at na wala ni isa sa mga ito ang nagbabaluktot sa mga katotohanan.

Kung maglalalatag Ako ng kaunting pera sa harap ninyo ngayon mismo at bibigyan kayo ng kalayaang pumili—at hindi Ko kayo kokondenahin nang dahil sa pinili ninyo—pipiliin ng karamihan sa inyo ang pera at tatalikuran ang katotohanan. Ang mas mababait sa inyo ay tatalikuran ang pera at atubiling pipiliin ang katotohanan, habang yaong mga nag-aalangan ay susunggaban ang pera sa isang kamay at ang katotohanan sa kabilang kamay. Hindi ba kusang lalabas ang tunay ninyong kulay sa ganoon? Sa pagpili sa pagitan ng katotohanan at ng anumang bagay na matapat kayo, ito ang pipiliin ninyong lahat, at magiging pareho pa rin ang ugali ninyo. Hindi ba ganoon? Hindi ba marami sa inyo ang pabagu-bago ng pagpili sa pagitan ng tama at mali? Sa mga paligsahan sa pagitan ng positibo at ng negatibo, ng itim at ng puti, siguradong alam ninyo ang mga

pagpiling nagawa ninyo sa pagitan ng pamilya at ng Diyos, ng mga anak at ng Diyos, ng kapayapaan at ng pagkagambala, ng kayamanan at ng kahirapan, ng katayuan at ng pagiging ordinaryo, ng masuportahan at ng maipagtabuyan, at iba pa. Sa pagitan ng tahimik na pamilya at ng watak-watak na pamilya, pinili ninyo ang una, at ginawa ninyo iyon nang walang pag-aatubili; sa pagitan ng kayamanan at ng tungkulin, muli ninyong pinili ang una, at ayaw pa nga ninyong magbago ng isip;^a sa pagitan ng luho at ng kahirapan, pinili ninyo ang una; sa pagpili sa pagitan ng inyong mga anak at asawa at sa Akin, pinili ninyo ang una; at sa pagitan ng kuru-kuro at ng katotohanan, muli ninyong pinili ang una. Nahaharap sa lahat ng klase ng inyong masasamang gawa, talagang nawalan na Ako ng tiwala sa inyo. Talagang manghang-mangha Ako sa katigasan ng puso ninyo. Mukhang walang anumang idinulot sa Akin ang maraming taon ng dedikasyon at pagsisikap kundi ang inyong pagpapabaya at kawalang-pag-asa, ngunit lumalago ang pag-asa Ko para sa inyo sa bawat araw na lumilipas, dahil ang araw Ko ay ganap nang nailantad sa harapan ng lahat. Ngunit patuloy ninyong hinahanap ang madidilim at masasamang bagay, at ayaw ninyong pakawalan ang mga ito. Ano, kung gayon, ang inyong kahihinatnan? Napag-isipan na ba ninyo itong mabuti? Kung papipiliin kayong muli, ano kaya ang magiging saloobin ninyo? Ang una pa rin kaya? Bibiguin at palulungkutin pa rin kaya ninyo Ako nang husto? May kaunting pag-aalab pa rin kaya sa puso ninyo? Hindi pa rin kaya ninyo malalaman kung paano aaliwin ang puso Ko? Sa sandaling ito, ano ang pipiliin ninyo? Magpapasakop ba kayo sa Aking mga salita o magsasawa sa mga ito? Nailatag na ang araw Ko sa harapan ninyo mismo, at nahaharap kayo sa isang bagong buhay at bagong simula. Gayunman, kailangan Kong sabihin sa inyo na ang simulang ito ay hindi pagsisimula ng nakaraang bagong gawain, kundi pagwawakas ng dati. Ibig sabihin, ito ang huling yugto. Palagay Ko naiintindihan ninyong lahat kung ano ang kakaiba sa simulang ito. Gayunman, hindi magtatagal at mauunawaan ninyo ang tunay na kahulugan ng simulang ito, kaya't sama-sama nating lagpasan ito at salubungin ang pagdating ng katapusan! Gayunman, ang patuloy Kong inaalala tungkol sa inyo ay, kapag naharap kayo sa kawalang-katarungan at katarungan, lagi ninyong pinipili ang una. Gayunman, lahat ng ito ay nakaraan ninyo. Inaasam Ko ring makalimutan ang lahat ng nakaraan ninyo, bagama't napakahirap gawin nito. Gayunman, mayroon Akong napakagandang paraan ng paggawa nito: Hayaang palitan ng hinaharap ang nakaraan, at iwaksi ang mga alaala ng inyong nakaraan kapalit ng totoong kayo ngayon. Kaya naman kailangan Ko kayong abalahin na muling pumili: Kanino ba talaga kayo matapat?

^a Magbago ng isip: isang Chinese idiom na ang ibig sabihin ay “tumalikod sa masasamang gawi.”

Tungkol sa Hantungan

Sa tuwing binabanggit ang hantungan, itinuturing ninyo ito nang may espesyal na kaseryosohan; higit pa ryan, kayong lahat ay partikular na sensitibo tungkol sa bagay na ito. May ilang taong hindi makapaghintay na iyukod ang kanilang mga ulo hanggang lupa, yumuyuko nang mababa sa harap ng Diyos para lamang makapagkamit ng magandang hantungan. Nakikilala Ko ang inyong pagiging masigasig, na hindi na kailangang ilahad pa sa pamamagitan ng mga salita. Ito'y dahil lamang ayaw ninyong humantong ang inyong laman sa kapahamakan, at bukod pa rito, ayaw ninyong mahulog sa walang hanggang kaparusahan sa hinaharap. Kayo ay umaasa lamang na tulutan ang inyong sarili na mabuhay nang higit na malaya at maalwan. Kaya kayo ay lalong higit na nagiging maligalig sa tuwing nababanggit ang hantungan, lubos na nangangamba na kapag hindi kayo naging sapat na maingat, maaaring magkasala kayo sa Diyos at makatatanggap kung gayon ng nararapat na parusa. Hindi kayo nag-alinlangan na makipagkompromiso para lamang sa inyong hantungan, at maging ang marami sa inyo na dating mapanlinlang at walang galang ay bigla na lamang naging napakamalumanay at tapat; ang anyo ng inyong katapatan ay nakapangingilabot sa mga tao. Gayon pa man, lahat kayo'y may mga "tapat" na puso, at patuloy ninyong ibinabahagi sa Akin ang mga lihim ng inyong mga puso nang walang anumang itinatago, maging ito man ay hinaing, panlilinlang o pamimintuho. Sa kabuuan, napakamatapat ninyong "ikinumpisal" sa Akin ang napakahalagang mga bagay na nasa kaibuturan ng inyong pagiging tao. Mangyari pa, hindi Ko iniwasan kailanman ang gayong mga bagay, dahil naging napakapamilyar na ang mga ito sa Akin. Mas nanaisin pa ninyong pumasok sa dagat ng apoy alang-alang sa inyong huling hantungan kaysa mawalan ng isa mang hibla ng buhok para makamit ang pagsang-ayon ng Diyos. Hindi sa Ako ay nagiging masyadong dogmatiko sa inyo; kayo ay labis na nagkukulang lamang sa pusong namimintuho upang harapin ang lahat ng Aking ginagawa. Maaaring hindi ninyo naiintindihan kung ano ang kapapahayag Ko lamang, kaya hayaan ninyo Akong magbigay sa inyo ng payak na paliwanag: Ang kailangan ninyo ay hindi ang katotohanan at buhay; ni ang mga prinsipyo kung paano kayo kikilos, lalong hindi ang Aking maingat na paggawa. Sa halip, ang kailangan ninyo ay ang lahat na taglay ng inyong laman—kayamanan, katayuan, pamilya, buhay may-asawa, at iba pa. Lubos ninyong ipinagwawalang-bahala ang Aking mga salita at gawain, kung kaya't malalagom Ko ang inyong pananampalataya sa iisang salita: padaskol. Gagawin ninyo ang kahit ano upang matamo lamang ang mga bagay na inyong pinipintuho nang labis, ngunit natuklasan Kong hindi ninyo ito gagawin alang-alang sa mga bagay na tungkol sa inyong paniniwala sa Diyos. Sa halip, kayo ay bahagyang nakatuon, at bahagyang masigasig. Iyan ang dahilan kung bakit sinasabi Kong ang mga taong walang pusong may sukdulang katapatan ay mga bigo sa kanilang paniniwala sa Diyos. Pag-isipan ninyong mabuti—marami bang mga bigo sa inyong hanay?

Dapat ninyong malaman na natatamo ang tagumpay sa paniniwala sa Diyos bilang

resulta ng sariling mga kilos ng mga tao; kapag hindi nagtatagumpay ang mga tao bagkus ay nabibigo, iyon din ay dahil sa sarili nilang mga kilos, at walang papel na ginagampanan ang anupamang bagay. Naniniwala Ako na gagawin ninyo ang lahat ng maaaring gawin para makamit ang isang bagay na mas mahirap at nangangailangan ng higit na pagdurusa kaysa paniniwala sa Diyos, at ituturing ninyo ito na napakaseryoso, kung kaya't hindi ninyo pahihintulutan ang anumang mga pagkakamali; ito ang mga uri ng walang-humpay na pagsisikap na ibinubuhos ninyo sa sarili ninyong mga buhay. Kaya pa nga ninyong linlangin ang Aking katawang-tao sa mga pagkakataon kung saan hindi ninyo lilinlangin ang sarili ninyong pamilya. Ito ang inyong palagiang pag-uugali at ang prinsipyong ipinamumuhay ninyo. Hindi ba't nagkukunwari pa rin kayo para linlangin Ako alang-alang sa inyong hantungan, upang ang inyong hantungan ay maging lubos na maganda at ayon sa lahat ng inyong hinahangad? Batid Kong panandalian lamang ang inyong pamimintuho, gayundin ang inyong katapatan. Hindi ba't ang inyong paninindigan at ang halagang ibinabayad ninyo ay para lamang sa ngayon at hindi para sa hinaharap? Nais lamang ninyong magbuhos ng huling pagsisikap para matiyak ang isang magandang hantungan, na ang tanging layunin ay makipagpalitan. Hindi ninyo ginagawa ang pagsisikap na ito upang maiwasan ang pagkakautang sa katotohanan, at lalong hindi upang bayaran Ako sa halagang pinagbayaran Ko. Sa madaling salita, handa lamang kayong gumamit ng mga tusong pakana upang makamit ang inyong gusto, pero hindi ang ipaglaban ito. Hindi ba't ito ang pinakaninanaing ng inyong puso? Hindi kayo dapat magbalatkayo, o magpagod sa pag-iisip tungkol sa inyong hantungan hanggang sa puntong hindi na kayo makakain o makatulog. Hindi ba totoo na ang kahihinatnan ninyo ay naitakda na sa huli? Dapat ninyong gawin ang inyong sariling tungkulin sa abot ng inyong makakaya nang may bukas at tapat na mga puso, at maging handang magbayad ng anumang kinakailangang halaga. Gaya nga ng sinabi ninyo, pagdating ng araw na iyon, hindi pababayaan ng Diyos ang sinumang nagdusa o nagbayad para sa Kanya. Ang ganitong uri ng matibay na paniniwala ay karapat-dapat panghawakan, at nararapat lamang na hindi ninyo ito kailanman kalimutan. Sa ganitong paraan Ko lamang mapapalagay ang Aking isipan ukol sa inyo. Kung hindi, magpakailanman kayong magiging mga taong hindi Ko makakayang ipagpalagay ang Aking isipan, at magpakailanman kayong magiging mga layon ng Aking pag-ayaw. Kung masusunod ninyong lahat ang inyong konsensya, at ibibigay ang inyong lahat para sa Akin, nang walang hindi pagsusumikap para sa Aking gawain, at mag-uukol ng buong buhay na pagsusumikap sa Aking gawain ng ebanghelyo, hindi ba't laging lulukso sa tuwa ang Aking puso dahil sa inyo? Sa ganitong paraan, lubos Kong mapapalagay ang Aking isipan ukol sa inyo, hindi ba? Nakapanghihinayang na ang tanging nagagawa ninyo ay hamak at katiting na bahagi lamang ng Aking inaasahan. Yamang ganito ang kalagayan, ano't may lakas kayo ng loob na hingin sa Akin ang inyong inaasam?

Napakahalaga sa inyo ng inyong hantungan at kapalaran—ang mga ito ay ipinagaalala ninyo nang lubos. Naniniwala kayong kapag hindi ninyo ginawa ang mga bagay

nang maingat, magiging katumbas ito ng hindi pagkakaroon ng hantungan at ng pagkawasak ng inyong kapalaran. Subalit naisip na ba ninyo kailanman na ang mga taong nagsusumikap para lamang sa kanilang hantungan ay nagpapakapagod nang walang saysay? Hindi tunay ang gayong mga pagsisikap—huwad at mapanlinlang ang mga iyon. Kung gayon, ang mga taong nagsisikap para lamang sa kanilang hantungan ay nasa bungad na ng kanilang pangwakas na pagkatalo, dahil ang kabiguan sa paniniwala ng isang tao sa Diyos ay dulot ng panlilinlang. Nasabi Ko na noon na hindi Ko ninanais na Ako ay bolahin o kunwari’y hangaan, o pakitunguhan Ako nang may lubos na kasiglahan. Nais Ko na ang mga matapat na tao ay humarap sa Aking katotohanan at Aking mga inaasahan. Higit pa rito, naiibigan Ko sa tuwing ang mga tao ay nakakayang magpakita ng lubos na pangangalaga at pagsasaalang-alang sa Aking puso, at kapag nagagawa pa nilang isuko ang lahat para sa Aking kapakanan. Sa ganitong paraan lamang maaaring mabigyan ng kaginhawahan ang Aking puso. Sa ngayon, ilang bagay tungkol sa inyo ang hindi Ko nagugustuhan? Ilang bagay tungkol sa inyo ang nagugustuhan Ko? Maaari kayang walang sinuman sa inyo ang nakapagtanto na ng lahat ng iba’t ibang pagpapakita ng kapangitang inyong ginawa alang-alang sa inyong hantungan?

Sa Aking puso, hindi Ko ninanais makasakit sa kanino mang puso na positibo at naghahangad paitaas, at lalong ayaw Kong mabawasan ang sigla ng sinumang tapat na ginagawa ang kanyang tungkulin. Gayunpaman, kailangan Kong paalalahanan ang bawat isa sa inyo tungkol sa inyong mga pagkukulang at ang maruming kaluluwa na nasa kaibuturan ng inyong mga puso. Ginagawa Ko ito sa pag-asang magagawa ninyong ihandog ang inyong tunay na puso sa pagharap sa Aking mga salita, dahil ang pinakakinasusuklanan Ko ay ang panlilinlang ng mga tao sa Akin. Umaasa lamang Ako na sa huling yugto ng Aking gawain, maibibigay ninyo ang inyong pinakamahusay na pagganap, at mailalaan ninyo ang inyong mga sarili nang buong puso, hindi na kalahati lamang. Mangyari pa, umaasa rin Ako na lahat kayo ay magkakaroon ng isang magandang hantungan. Gayunpaman, mayroon pa rin Akong kinakailangan, at ito ay ang magawa ninyo ang pinakamahusay na desisyon na ihandog sa Akin ang inyong natatangi at huling pamimintuho. Kung may isang tao na walang ganitong natatanging pamimintuho, tiyak na siya ay isang iniingatang pag-aari ni Satanas, at hindi Ko na ipagpapatuloy ang paggamit sa kanya kundi pauuwiin Ko siya para alagaan ng kanyang mga magulang. Malaking tulong sa inyo ang Aking gawain; ang inaasahan Kong makuha sa inyo ay pusong tapat at naghahangad paitaas, ngunit hanggang sa kasalukuyan, wala pa ring laman ang Aking mga kamay. Pakaisipin ninyo ito: Kung pagdating ng araw ay naagrabyado pa rin Ako, na walang sapat na mga salitang makapaglarawan dito, ano ang Aking magiging saloobin sa inyo noon? Magiging magiliw pa rin kaya Ako sa inyo katulad ngayon? Magiging ganito pa rin kaya kapayapa ang Aking puso? Nauunawaan ba ninyo ang damdamin ng isang taong matapos maingat na magsaka sa bukid ay hindi man lamang umani ng kahit na isang butil? Nauunawaan ba ninyo kung gaano kalaki

ang pinsala sa puso ng isang taong nakaranas ng matinding dagok? Nalalasan ba ninyo ang pait ng taong noon ay puno ng pag-asa, na kailangang lumayo nang may hidwaan? Nakita na ba ninyo ang poot na nagmumula sa taong pinukaw ang damdamin? Kaya ba ninyong malaman ang pananabik sa paghihiganti ng isang taong pinakitunguhan nang may poot at panlilinlang? Kung naiintindihan ninyo ang pag-iisip ng mga taong ito, sa tingin Ko ay hindi magiging mahirap para sa inyo na maisip ang saloobin ng Diyos sa panahon ng Kanyang pagganti! Bilang pangwakas, umaasa Akong lahat kayo ay lubos na nagsisikap para sa inyong sariling hantungan; bagama't makabubuting hindi kayo gumamit ng mapanlinlang na mga paraan sa inyong mga pagsusumikap, kung hindi ay patuloy Akong madidismaya sa inyo sa Aking puso. At saan humahantong ang gayong pagkadismaya? Hindi ba ninyo nililinlang ang inyong mga sarili? Ang mga taong iniisip ang kanilang hantungan ngunit sinisira ito ay ang mga taong pinakamaliit ang kakayahang mailigtas. Kahit na mayamot at magalit ang gayong tao, sino ang magkakaroon ng simpatya sa ganoong klaseng tao? Sa kabuuan, ninanais Ko pa rin na magkaroon kayo ng hantungang kapwa nararapat at mabuti, at, higit pa rito, umaasa Akong walang sinuman sa inyo ang mahuhulog sa kapahamakan.

Tatlong Paalaala

Bilang isang mananampalataya sa Diyos, dapat sa Kanya ka lamang maging tapat sa lahat ng bagay, at magawa mong umayon sa kalooban Niya sa lahat ng bagay. Gayunman, kahit na naiintindihan ng lahat ang mensaheng ito, dahil sa sari-saring suliranin ng tao—halimbawa, dahil sa kanyang kamangmangan, pagiging kakatwa, at katiwalian—ang mga katotohanang ito, na pinakamalinaw at pinakabatayan sa lahat, ay hindi ganap na nakikita sa kanya, kaya naman, bago maitaga sa bato ang katapusan ninyo, nararapat Kong sabihin muna sa inyo ang ilang bagay na pinakamahalaga sa inyo. Bago Ako magpatuloy, dapat muna ninyong maintindihan ito: Ang mga salitang sinasabi Ko ay mga katotohanang nakatuon sa buong sangkatauhan; ang mga ito ay hindi lamang para sa isang partikular na tao o uri ng tao. Samakatuwid, dapat ninyong tutukan ang pag-intindi sa mga salita Ko mula sa pananaw ng katotohanan, at dapat kayong magkaroon ng saloobin na nakatutok ang inyong atensiyon at mayroon kayong sinseridad; huwag ninyong balewalain ang isa mang salita o katotohanang sinasabi Ko, at huwag tratuhin nang basta-basta ang lahat ng salitang sinasabi Ko. Sa mga buhay ninyo, nakikita Kong marami kayong ginawang walang kinalaman sa katotohanan, kaya naman partikular Kong hinihiling na maging mga tagapaglingkod kayo ng katotohanan, na huwag kayong magpaalipin sa kabuktutan at kapangitan, at huwag ninyong yurakan ang katotohanan o dungisan ang alinmang sulok ng sambahayan ng Diyos. Ito ang paalaala Ko sa inyo. Ngayon nama'y magsasalita Ako tungkol sa ating kasalukuyang paksa.

Una, para sa kapakanan ng kapalaran ninyo, dapat ninyong hangaring masang-ayunan

ng Diyos. Ibig sabihin, yamang kinikilala ninyong kasapi kayo ng sambahayan ng Diyos, dapat kayong magdala ng kapayapaan ng isip sa Diyos at magbigay-lugod sa Kanya sa lahat ng bagay. Sa madaling salita, dapat kayong maging maprinsipyo sa mga kilos ninyo at sumunod sa katotohanang nasa mga iyon. Kung hindi mo ito magagawa, kamumuhian at tatanggihan ka ng Diyos at itataboy ka ng bawat tao. Kapag nalagay ka sa gayong mahirap na sitwasyon, hindi ka na mabibilang na kasama sa sambahayan ng Diyos, na siyang mismong kahulugan ng hindi sinang-ayunan ng Diyos.

Pangalawa, dapat ninyong malamang gusto ng Diyos ang mga tapat. Sa diwa, matapat ang Diyos, kaya naman palaging mapagkakatiwalaan ang mga salita Niya; higit pa rito, walang mali at hindi mapag-aalinlangan ang mga kilos Niya, kung kaya gusto ng Diyos ang mga lubos na tapat sa Kanya. Ang katapatan ay nangangahulugang pagbibigay ng puso ninyo sa Diyos, pagiging totoo sa Diyos sa lahat ng bagay, pagiging bukas sa Kanya sa lahat ng bagay, hindi pagtatago kailanman ng mga totoong impormasyon, hindi pagtatangkang manlinlang ng mga nasa itaas at nasa ibaba ninyo, at hindi paggawa ng mga bagay para lamang magpalakas sa Diyos. Sa madaling salita, ang pagiging tapat ay pagiging dalisay sa inyong mga kilos at salita, at hindi panlilinlang sa Diyos o sa tao. Napakapayak ng sinasabi Ko, ngunit doble ang hirap nito para sa inyo. Maraming tao ang mas nanaisin pang maparusahan sa impiyerno kaysa magsalita at kumilos nang tapat. Hindi kataka-takang iba ang magiging pagtrato Ko sa mga hindi tapat. Siyempre pa, alam na alam Ko kung gaano kahirap sa inyo ang maging tapat. Sapagkat matatalino kayong lahat, napakahusay sa pagtimbang sa mga tao gamit ang sarili ninyong makitid na panukat, ginagawa nitong mas payak ang gawain Ko. At yamang ang bawat isa sa inyo ay niyayakap sa dibdib ang mga lihim ninyo, isa-isa Ko kayong ilalagay sa kapahamakan upang “turuan” sa pamamagitan ng apoy, nang sa gayon pagkatapos nito ay maaari kayong maging desidido sa paniniwala ninyo sa mga salita Ko. Sa huli, hihilahin Ko mula sa mga bibig ninyo ang mga salitang “Ang Diyos ay matapat na Diyos,” pagkatapos ay hahampasin ninyo ang mga dibdib ninyo at mananaghoy na, “Mapanlinlang ang puso ng tao!” Ano ang magiging kalagayan ng isip ninyo sa oras na ito? Ipinagpapalagay Kong hindi kayo magiging kasing matagumpay na tulad ninyo ngayon. At lalong hindi kayo magiging kasing “lalim at mahirap unawain” na tulad ninyo ngayon. Sa presensiya ng Diyos, maaayos at wastong kumilos ang ilang tao, pinaghihirapan nilang maging “maayos ang asal,” subalit inilalantad nila ang mga pangil nila at iwinawasiwas ang mga kuko nila sa presensiya ng Espiritu. Ibibilang ba ninyo ang ganitong mga tao sa hanay ng mga tapat? Kung isa kang ipokrito, isang taong bihasa sa “pakikipagkapwa,” sinasabi Kong tiyak na isa kang taong tinatratong basta-basta ang Diyos. Kung puno ng mga palusot at mga walang halagang pangangatwiran ang mga salita mo, sinasabi Kong isa kang taong kinasusuklamang isagawa ang katotohanan. Kung marami kang sekretong atubili kang ibahagi, kung lubos kang tutol na ilantad ang mga lihim mo—ang mga paghihirap mo—sa harap ng iba upang hanapin ang daan ng liwanag, sinasabi Kong isa kang taong hindi madaling matatamo ang kaligtasan, at hindi

madaling makakaalis sa kadiliman. Kung nakalulugod sa iyo ang paghahanap sa daan ng katotohanan, isa kang taong palaging nananahan sa liwanag. Kung lubha kang nagagalak na maging isang tagapagserbisyo sa sambahayan ng Diyos, na gumagawa nang masigasig at matapat nang nakakubli, palaging nagbibigay at hindi kailanman kumukuha, sinasabi Kong isa kang tapat na banal, sapagkat hindi ka naghahanap ng gantimpala at nagsisikap ka lamang na maging tapat na tao. Kung handa kang maging matapat, kung handa kang gugulin ang lahat-lahat mo, kung magagawa mong isakripisyo ang buhay mo para sa Diyos at manindigan sa patotoo mo, kung ikaw ay matapat hanggang sa puntong ang alam mo lamang ay bigyang-kasiyahan ang Diyos at hindi isaalang-alang ang iyong sarili o kumuha para sa sarili, sinasabi Ko na ang gayong mga tao ay ang mga tinutustusan sa liwanag at siyang mabubuhay magpakailanman sa kaharian. Dapat mong malaman kung mayroong totoong pananampalataya at totoong katapatan sa loob mo, kung may tala ka ng pagdurusa para sa Diyos, at kung ganap ka nang nagpasakop sa Diyos. Kung wala ka ng mga ito, nananatili sa loob mo ang pagsuway, panlilinlang, pagkasakim, at pagrereklamo. Dahil malayo sa pagiging tapat ang puso mo, hindi ka kailanman nakatanggap ng positibong pagkilala mula sa Diyos at hindi kailanman namuhay sa liwanag. Kung ano ang mangyayari sa kapalaran ng isang tao sa huli ay nakasalalay sa kung mayroon siyang pusong tapat at kasimpula ng dugo, at kung may dalisay siyang kaluluwa. Kung isa kang taong lubhang hindi tapat, isang taong may pusong masama ang hangarin, isang taong marumi ang kaluluwa, tiyak na hahantong ka sa lugar kung saan pinarurusahan ang tao, tulad ng nakasulat sa talaan ng tadhana mo. Kung inihahayag mong lubha kang tapat, ngunit hindi mo kailanman nagawang kumilos alinsunod sa katotohanan o magsabi ni isang totoong salita, naghihintay ka pa rin bang gantimpalaan ka ng Diyos? Umaasa ka pa rin bang ituturing ka ng Diyos na lubos Niyang minamahal? Hindi ba kahibangan ang ganitong pag-iisip? Nililinlang mo ang Diyos sa lahat ng bagay; paanong tatanggapin sa sambahayan ng Diyos ang isang tulad mo, na marumi ang mga kamay?

Ito ang pangatlong bagay na nais Kong sabihin sa inyo: Ang bawat tao, habang ipinamumuhay ang kanyang buhay ng pananampalataya sa Diyos, ay nakagawa ng mga bagay na lumalaban at nanlilinlang sa Diyos. Hindi kailangang itala bilang pagkakasala ang ilang masamang gawa, ngunit walang kapatawaran ang ilan; sapagkat maraming gawa na lumalabag sa mga atas administratibo, na lumalabag sa disposisyon ng Diyos. Marami sa mga nababahala sa kanilang sariling mga kapalaran ay maaaring magtanong kung anu-ano ang mga gawang ito. Dapat ninyong malamang likas kayong mapagmataas at mayabang, at ayaw magpasakop sa mga katotohanan. Sa dahilang ito, sasabihin Ko sa inyo nang paunti-unti pagkatapos ninyong pagnilayan ang mga sarili ninyo. Hinihimok Ko kayong magkaroon ng mas mahusay na pag-unawa sa nilalaman ng mga atas administratibo, at magsikap alamin ang disposisyon ng Diyos. Kung hindi, mahihirapan kayong panatilihing tikom ang mga labi ninyo, masyado kayong malayang dadaldal nang may magarbong pananalita, at hindi sinasadyang malalabag ninyo ang disposisyon ng

Diyos at masasadlak sa kadiliman, na mawawalan ng presensiya ng Banal na Espiritu at ng liwanag. Sapagkat wala kayong prinsipyo sa mga kilos ninyo, sapagkat ginagawa at sinasabi mo ang hindi dapat, tatanggap ka ng naaangkop na ganti. Dapat mong malamang kahit wala kang prinsipyo sa salita at gawa, lubhang maprinsipyo ang Diyos sa dalawang ito. Pagkakasala sa Diyos, hindi sa isang tao, ang dahilan ng pagkakatanggap mo ng ganti. Kung sa buhay mo ay marami kang nagawang paglabag sa disposisyon ng Diyos, nakatakda kang maging anak ng impiyerno. Para sa tao, maaaring mukhang gumawa ka lamang ng ilang gawang salungat sa katotohanan, at wala nang iba. Gayunpaman, alam mo ba na sa mga mata ng Diyos ay isa ka nang taong wala nang nauukol na handog para sa kasalanan? Sapagkat nilabag mo ang mga atas administratibo ng Diyos nang higit sa isang beses at, bukod dito, ay walang ipinakitang tanda ng pagsisisi, wala nang ibang pagpipilian kundi masadlak ka sa impiyerno, kung saan pinarurusahan ng Diyos ang tao. May maliit na bilang ng mga tao ang gumawa ng ilang gawang lumabag sa mga prinsipyo habang sumusunod sa Diyos, ngunit matapos silang maiwasto at mabigyan ng gabay, unti-unti nilang natuklasan ang sarili nilang katiwalian, at matapos nito ay pumasok sa tamang landas ng realidad, at nananatili silang may matatag na saligan hanggang ngayon. Ang ganitong mga tao ang mga mananatili hanggang sa huli. Gayunpaman, ang mga tapat ang hinahanap Ko; kung isa kang tapat na tao at isang taong kumikilos ayon sa prinsipyo, maaari kang maging pinagkakatiwalaan ng Diyos. Kung sa mga ikinikilos mo ay hindi mo nalalabag ang disposisyon ng Diyos, at hinahanap mo ang kalooban ng Diyos, at may mapitagang puso para sa Diyos, kung gayo'y abot sa pamantayan ang pananampalataya mo. Sinumang hindi gumagalang sa Diyos at walang pusong nanginginig sa takot ay malamang na lalabag sa mga atas administratibo ng Diyos. Maraming naglilingkod sa Diyos sa lakas ng silakbo ng damdamin nila ngunit walang pagkaunawa sa mga atas administratibo ng Diyos, at lalong walang anumang ideya tungkol sa mga kahihinatnan ng mga salita Niya. Kaya naman, sa kanilang mabubuting layunin, madalas silang nakagagawa ng mga bagay na gumagambala sa pamamahala ng Diyos. Sa mga malalang kaso, pinalalayas sila, pinagkakaitan ng anumang karagdagang pagkakataong sumunod sa Kanya, at itinatapon sa impiyerno, at ang lahat ng ugnayan sa sambahayan ng Diyos ay tapos na. Gumagawa ang mga taong ito sa sambahayan ng Diyos sa lakas ng kanilang mangmang na mabubuting layunin, at nagtatapos sa pagpapagalit sa disposisyon ng Diyos. Dinadala ng mga tao sa sambahayan ng Diyos ang mga paraan nila ng paglilingkod sa mga opisyal at mga panginoon at sinusubukang gamitin ang mga ito, iniisip nang may kahambugan na madaling magagamit ang mga ito dito. Hindi nila kailanman naipagpalagay na walang disposisyon ng tupa ang Diyos, kundi ng isang leon. Samakatuwid, ang mga nakikipag-ugnayan sa Diyos sa unang pagkakataon ay walang kakayahang makipag-usap sa Kanya, sapagkat hindi tulad ng sa tao ang puso ng Diyos. Pagkatapos mo lamang maunawaan ang maraming katotohanan saka mo patuloy na makikilala ang Diyos. Hindi binubuo ng mga salita at doktrina ang kaalamang ito ngunit magagamit bilang kayamanan na sa pamamagitan nito ay makapapasok ka

sa malapit na pagtitiwala ng Diyos, at bilang katibayang nalulugod Siya sa iyo. Kung kulang ka sa realidad ng kaalaman at hindi nasasangkapan ng katotohanan, ang maalab mong paglilingkod ay magdadala lamang sa iyo ng pagkamuhi at pagkapoot ng Diyos. Sa ngayon ay dapat nabatid mo nang hindi tulad ng pag-aaral ng teolohiya ang paniniwala sa Diyos!

Bagama't maikli ang mga salitang ginagamit Ko upang paalalahanan kayo, ang lahat ng inilarawan Ko ang siyang pinakakulang sa inyo. Dapat ninyong malaman na para sa kapakanan ng huling gawain Ko sa piling ng tao ang sinasabi Ko ngayon, alang-alang sa pagtukoy sa katapusan ng tao. Hindi Ko ninanais na gumawa pa ng mas maraming gawaing wala namang layunin, ni hindi Ko ninanais na ipagpatuloy ang paggabay sa mga taong walang pag-asa na gaya ng bulok na kahoy, lalong hindi na ipagpatuloy ang pag-akay sa mga palihim na nagkikimkim ng masasamang layunin. Marahil mauunawaan ninyo balang araw ang taimtim na mga layunin sa likod ng mga salita Ko at ang mga naiambag Ko para sa sangkatauhan. Marahil maiintindihan ninyo balang araw ang mensaheng magbibigay-daan sa inyo upang pagpasyahan ninyo ang sarili ninyong katapusan.

Ang mga Paglabag ay Magdadala sa Tao sa Impiyerno

Nabigyan Ko na kayo ng maraming babala at nagkaloob na sa inyo ng maraming katotohanan na ang layunin ay lupigin kayo. Sa ngayon, nararamdaman na ninyong lahat na higit kayong pinagyaman kaysa noong nakaraan, naiintindihan na ninyo ang maraming prinsipyo kung paano dapat ang isang tao, at nagtataglay na kayo ng malaking bahagi ng sentido kumon na dapat taglayin ng matatapat na tao. Inyong inani ang lahat ng ito sa loob ng maraming taon ng paggapas. Hindi Ko ikinakaila ang inyong mga nagawa, ngunit dapat Ko ring sabihin nang may katapatan na hindi Ko rin ikinakaila ang napakaraming pagsuway at paghihimagsik na inyong nagawa laban sa Akin sa loob ng maraming taon na ito, sapagkat wala ni isa mang banal sa inyo. Lahat kayo, nang walang pagtatangi, ay mga taong ginawa nang tiwali ni Satanas; mga kaaway kayo ni Cristo. Hanggang sa kasalukuyan, hindi na mabilang sa dami ang inyong mga paglabag at pagsuway, kaya hindi na talaga kakatwang maituturing na lagi Ko kayong kinukulit. Hindi Ko nais na kasama ninyong umiral sa ganitong paraan—ngunit alang-alang sa inyong mga kinabukasan, alang-alang sa inyong mga hantungan, dito at ngayon, sasabihan Ko kayong muli. Umaasa Ako na pagbibigyan ninyo Ako, at higit pa, na magagawa ninyong maniwala sa bawat pahayag Ko, at mahinuha ang malalim na mga pahiwatig ng Aking mga salita. Huwag ninyong pagdudahan ang Aking mga sinasabi, at lalong huwag pulutin ang Aking mga salita ayon sa inyong nais at itapon ang mga ito sa isang tabi nang walang pakundangan; hindi Ko ito mapagtitiisan. Huwag ninyong hatulan ang Aking mga

salita, at lalong huwag maliitin ang mga ito o sabihin na lagi Ko kayong tinutukso o, higit pang malala, sabihin na ang mga sinabi Ko sa inyo ay hindi tumpak. Hindi Ko rin mapagtitiisan ang mga bagay na ito. Sapagkat itinuturing ninyo Ako at ang Aking sinasabi nang may ganyang paghihinala, hindi kailanman tinatanggap ang Aking mga salita at hindi Ako pinapansin, may lubos na kaseryosohan Kong sinasabi sa bawat isa sa inyo: Huwag ninyong ikawing sa pilosopiya ang Aking sinasabi; huwag ninyong ikawing ang Aking mga salita sa mga kasinungalingan ng mga nagmamamarunong. Lalong hindi kayo dapat tumugon sa Aking mga salita nang may pag-aalipusta. Marahil ay walang sinuman sa hinaharap ang makapagsasabi sa inyo ng kung ano ang sinasabi Ko sa inyo, o makapagsasalita sa inyo nang may ganitong kabutihan, o, lalo na kahit paano'y maakay kayo nang may tiyaga sa mga bahaging ito. Gugugulin ninyo ang mga araw na darating sa pag-alala sa masasayang panahon, o sa malakas na paghikbi, o pagdaing dahil sa sakit, o mabubuhay kayo sa madidilim na gabi nang walang kaloob na kahit pilas ng katotohanan o buhay, o maghihintay na lamang nang walang pag-asa, o mananahan sa ganoon kapait na panghihinayang na mawawala ang inyong katinuan Halos wala ni isa man sa inyo ang makatatakas sa mga posibilidad na ito. Sapagkat wala ni isa man sa inyo ang nasa luklukan kung saan tunay ninyong sinasamba ang Diyos, bagkus ay inilulubog ninyo ang mga sarili ninyo sa mundo ng kahalayan at kasamaan, inihahalo sa inyong mga paniniwala, sa inyong mga espiritu, mga kaluluwa, at mga katawan ang napakaraming bagay na walang kinalaman sa buhay at katotohanan at sa totoo pa nga ay kasalungat ng mga ito. Kaya ang inaasam Ko para sa inyo ay ang madala kayo sa landas ng liwanag. Ang tanging inaasam Ko ay ang magkaroon kayo ng kakayahang kalingain ang inyong mga sarili, mapangalagaan ang inyong mga sarili, at hindi kayo labis na magbigay-diin sa inyong hantungan habang tinitingnan nang may pagwawalang-bahala ang inyong asal at mga paglabag.

Sa loob ng mahabang panahon, ang mga tao na naniniwala sa Diyos ay masugid nang nag-aasam ng isang magandang hantungan, at ang lahat ng mga naniniwala sa Diyos ay umaasa na biglang darating sa kanila ang mabuting kapalaran. Umaasa silang lahat na bago pa nila mamalayan ay masusumpungan nila ang mga sarili na payapang nakaluklok sa isang lugar o sa iba pang dako sa langit. Ngunit sinasabi Ko na ang mga taong ito, taglay ang magaganda nilang mga saloobin, ay hindi kailanman nakabatid kung sila ba ay naaangkop tumanggap ng ganoon kabuting kapalaran na nagmumula sa langit, o kaya ay maupo man lamang sa isang luklukan doon. Kayo, sa kasalukuyan, ay may mabuting kaalaman sa inyong mga sarili, ngunit umaasa pa rin kayo na matatakan ninyo ang mga sakuna sa mga huling araw at ang kamay ng Makapangyarihan sa lahat kapag pinarusahan na Niya ang masasama. Tila ba ang pagkakaroon ng matatamis na pangarap at paghahangad sa mga bagay ayon sa kanilang kagustuhan ay isang karaniwang katangian ng lahat ng taong ginawang tiwali ni Satanas, at hindi bunga ng katalinuhan ng sinumang nag-iisang indibiduwal. Magkagayon pa man, hangad Ko pa ring wakasan ang inyong mga labis-labis na pagnanasa, gayundin ang inyong kasabikang

magkamit ng mga pagpapala. Dahil napakarami ng inyong paglabag, at ang katunayan na patuloy na tumitindi ang inyong paghihimagsik, paano aakma ang mga bagay na ito sa inyong magagandang plano para sa hinaharap? Kung nais mong gumawa ng pagkakamali ayon sa iyong nais, nang walang pumipigil sa iyo, ngunit kasabay nito'y nais mo pa ring matupad ang mga pangarap mo, hinihimok kita, kung gayon, na magpatuloy sa iyong kawalang-ulirat at huwag nang gumising kailanman—sapagkat ang sa iyo ay isang hungkag na pangarap at sa harap ng matuwid na Diyos, hindi ka Niya gagawan ng pagtatangi. Kung nais mo lamang na matupad ang iyong mga pangarap, huwag kang mangarap kailanman; bagkus, ay harapin mo magpakailanman ang katotohanan at ang mga katunayan. Ito ang tanging paraan upang mailigtas ka. Ano, sa tiyak na pananalita, ang mga hakbang ng pamamaraang ito?

Una, tingnan mo ang lahat ng paglabag mo, at suriin ang anumang asal at mga saloobin mo na hindi umaayon sa katotohanan.

Ito ay isang bagay na madali mong magagawa, at naniniwala Ako na kaya itong gawin ng lahat ng matatalinong tao. Gayunman, yaong mga hindi kailanman nakaaalam kung ano ang kahulugan ng paglabag at katotohanan ay mga di-kabilang, sapagkat sa pangunahing antas ay hindi sila matatalinong tao. Nakikipag-usap Ako sa mga taong sinang-ayunan ng Diyos, matatapat, hindi lubhang lumabag sa anumang mga atas administratibo, at madaling makabatid ng kanilang mga paglabag. Bagama't itong isang bagay na hinihingi Ko sa inyo ay madaling gawin, hindi lamang ito ang bagay na hinihingi Ko sa inyo. Ano't anuman, umaasa Ako na hindi ninyo lihim na pagtatawanan ang hinihingi Kong ito, at lalong hindi ninyo ito mamaliitin o hahamakin. Seryosohin ninyo ito, at huwag itong ipagwalang-bahala.

Ikalawa, para sa bawat paglabag at pagsuway mo, dapat kang humanap ng isang katumbas na katotohanan, at pagkaraan ay gamitin ang mga katotohanang ito upang lutasin ang mga usaping iyon. Kasunod niyan, palitan mo ang iyong mapanlabag na mga kilos at masuwaying mga saloobin at mga kilos ng pagsasagawa ng katotohanan.

Ikatlo, dapat kang maging isang matapat na tao, hindi isang laging tuso at laging mapanlinlang. (Dito ay muli Kong hinihingi sa inyo na maging isang matapat na tao.)

Kung matutupad mong lahat ang tatlong bagay na ito, isa ka sa mapapalad—isang tao na natutupad ang mga pangarap at tumatanggap ng mabuting kapalaran. Marahil ay ituturing ninyong seryoso ang tatlong hindi kahali-halinang kahilingang ito, o marahil ay ituturing ninyo nang walang pananagutan ang mga ito. Ano't anuman, ang Aking layunin ay ang tuparin ang inyong mga pangarap at maisagawa ang inyong mga mithiin, hindi ang pagtawanan kayo o gawin kayong hangal.

Maaaring payak ang Aking mga hinihingi, ngunit ang sinasabi Ko sa inyo ay hindi kasimpayak ng isa dagdagan ng isa ay dalawa. Kung ang ginagawa lamang ninyo ay basta pag-usapan ito, o magsalita nang magsalita tungkol sa mga hungkag at tila mahalagang mga pahayag, ang inyong mga plano at ang inyong mga hangarin ay magiging isang pahinang walang laman na lamang magpakailanman. Hindi Ako makararamdam

ng habag sa inyo na nagdurusa sa loob ng maraming taon at nagpapakasipag nang husto sa paggawa ngunit wala namang napapala. Taliwas dito, papatawan Ko ng kaparusahan, hindi ng pabuya at lalong hindi ng simpatya, yaong mga hindi nakatugon sa Aking mga hinihingi. Maipalalagay ninyo marahil, bilang isang tagasunod sa maraming taon, na masipag na kayong gumawa anuman ang mangyari, at dapat kayong pagkalooban ng isang mangkok ng kanin sa sambahayan ng Diyos bilang tagapaglingkod. Sasabihin Ko na ang karamihan sa inyo ay nag-iisip sa ganitong paraan, dahil lagi na lamang ninyong sinusunod ang prinsipyo ng kung paano sasamantalain ang mga bagay at hindi mapagsasamantalahan. Kaya't sinasabi Ko sa inyo ngayon nang may lubos na pagkaseryoso: Wala Akong pakialam kung gaano man kapuri-puri ang iyong pagsisikap, kung gaano man kahanga-hanga ang iyong mga kwalipikasyon, kung gaano mo man kahigpit Akong sinusunod, kung gaano ka man kabantog, o kung gaano mo man pinabuti ang iyong pag-uugali; hangga't hindi mo natutugunan ang Aking mga hinihingi, hindi mo kailanman makakamit ang Aking papuri. Iwaksi mo na sa lalong madaling panahon ang lahat ng iyong kaisipan at mga pagtataya at simulang seryosohin ang Aking mga hinihingi; kung hindi, gagawin Kong abo ang lahat ng tao nang sa gayon ay mawakasan na ang Aking gawain at, sa pinakamalala ay ipawalang-saysay ang Aking mga taon ng paggawa at pagdurusa, sapagkat hindi Ko madadala ang Aking mga kaaway at yaong mga tao na umaalingasaw sa kasamaan at may anyo ni Satanas sa Aking kaharian o dalhin sila sa susunod na kapanahunan.

Napakarami Kong inaasahan. Umaasa Akong makakikilos kayo sa isang wasto at maayos na paraan, matapat na tutuparin ang inyong tungkulin, magtataglay ng katotohanan at pagkatao, magiging mga tao na matatalikdan ang lahat ng taglay nila at maging ang kanilang mga buhay para sa Diyos, at iba pa. Nagmumula ang lahat ng pag-asang ito sa inyong mga kakulangan at sa inyong katiwalian at pagsuway. Kung wala ni isa man sa mga pakikipag-usap Ko sa inyo ang naging sapat upang matawag ang inyong pansin, malamang na ang tangi Kong magagawa ngayon ay ang huwag nang magsalita pa. Gayunman, nauunawaan ninyo kung ano ang mga ibubunga niyan. Hindi Ako madalas magpahinga, kaya't kung hindi Ako magsasalita, gagawa Ako ng isang bagay na matutunghayan ng mga tao. Magagawa Kong paagnasin ang dila ng isang tao, o magsanhing mamatay ang isang tao nang putol-putol ang katawan, o bigyan ang mga tao ng mga abnormalidad sa paggalaw ng litid at pagmukhain silang nakapangingilabot sa napakaraming paraan. Pero, magagawa Kong ipatiis sa mga tao ang mga pagpapahirap na Aking isinalang para lang sa kanila. Magagalak Ako sa ganitong paraan, labis na magiging masaya at lubos na malulugod. Lagi nang sinasabi na "Ang kabutihan ay sinusuklian ng kabutihan, at ang kasamaan ng kasamaan," kaya't bakit hindi ngayon? Kung nais mo Akong salungatin at gumawa ng ilang paghatol tungkol sa Akin, paaagnasin Ko ang iyong bibig, at iyan ay ikagagalak Ko nang walang patid. Ito ay dahil, sa huli, ang ginawa mo ay hindi ang katotohanan, at lalong walang kinalaman sa buhay, samantalang ang lahat ng Aking ginagawa ay katotohanan, ang lahat ng pagkilos Ko ay nauugnay

sa mga prinsipyo ng Aking gawain at sa mga atas administratibo na Aking itinakda. Samakatuwid, hinihimok Ko ang bawat isa sa inyo na mag-ipon ng ilang kabutihan, tumigil sa paggawa ng napakaraming kasamaan, at pakinggang mabuti ang Aking mga hinihingi sa inyong mga libreng oras. Makadarama Ako sa gayon ng galak. Kung mag-aambag (o maghahandog) kayo sa katotohanan ng kahit ikasanlibo ng pagsisikap na inyong ibinubuhos sa laman, sinasabi Ko, kung gayon, na hindi ka madalas makagagawa ng mga paglabag at magkakaroon ng naaagnas na bibig. Hindi ba ito malinaw?

Habang mas marami ang nagagawa mong paglabag, mas kumakaunti ang iyong mga pagkakataong magtamo ng isang mabuting hantungan. Taliwas dito, habang mas kumakaunti ang nagagawa mong mga paglabag, mas lumalaki ang iyong pagkakataon na mapuri ng Diyos. Kung madaragdagan ang iyong mga paglabag hanggang sa puntong imposible na para sa Akin na mapatawad ka, lubusan mo nang sinayang ang iyong mga pagkakataong mapatawad. Kung magkagayon, ang iyong hantungan ay hindi magiging sa itaas kundi sa ibaba. Kung hindi mo Ako pinaniniwalaan, maging tahas ka kung gayon at gumawa ng mali, at tingnan mo kung ano ang iyong mapapala. Kung ikaw ay isang tao na ang pagsasagawa ng katotohanan ay napakasigasig, tiyak na magkakaroon ka ng pagkakataon na mapatawad sa iyong mga paglabag, at dadalang nang dadalang ang iyong mga pagsuway. Kung ikaw ay isang tao na mabigat sa loob ang pagsasagawa ng katotohanan, ang iyong mga paglabag sa harap ng Diyos ay tiyak na madaragdagan at dadalas nang dadalas ang iyong pagsuway, hanggang marating mo ang hangganan, na siyang magiging oras ng iyong lubos na pagkawasak. Dito na mawawasak ang iyong kaaya-ayang pangarap na tumanggap ng mga pagpapala. Huwag mong ituring ang iyong mga paglabag bilang mga pagkakamali lamang ng isang taong walang hustong pag-iisip o ng isang taong hangal; huwag mong gamiting dahilan na hindi ka nakapagsagawa ng katotohanan dahil ginawa itong imposible ng iyong mahinang kakayahan. Higit pa rito, huwag mong ituring ang mga nagawa mong paglabag na mga pagkilos lamang ng isang tao na kulang sa kaalaman. Kung mahusay ka sa pagpapatawad sa sarili mo at pagiging mapagbigay sa iyong sarili, sinasabi Ko, kung gayon, na ikaw ay isang duwag na hindi kailanman magkakamit ng katotohanan, at hindi ka rin titigilang multuhin ng iyong mga paglabag; hahadlangan ka nito na matugunan kailanman ang mga hinihingi ng katotohanan, at magiging sanhi upang manatili kang isang tapat na kasamahan ni Satanas magpakailanman. Ito pa rin ang payo Ko sa iyo: Huwag kang magbigay-pansin lamang sa iyong hantungan habang nabibigong pansinin ang iyong mga nakatagong paglabag; seryosohin mo ang mga paglabag, at huwag kaligtaan ang alinman sa mga ito dahil sa pagmamalasakit sa iyong hantungan.

Napakahalagang Maintindihan ang Disposisyon ng Diyos

Maraming bagay ang inaasahan Kong maisasakatuparan ninyo, gayon pa man hindi lahat ng mga kilos ninyo at hindi lahat ng tungkol sa mga buhay ninyo ay nakatutupad sa hinihingi Ko, kaya wala Akong magagawa kundi ang dumiretso sa punto at ipaliwanag sa inyo ang kalooban Ko. Yamang mahina ang pagwari ninyo at ang pagpapahalaga ninyo ay mahina rin, halos ganap kayong mangmang sa disposisyon at diwa Ko—at kaya madaliang ipinagbibigay-alam Ko sa inyo ang tungkol sa mga ito. Gaano man karami ang naunawaan mo noon, nais mo mang unawain ang mga usaping ito o hindi, dapat Ko pa ring ipaliwanag ang mga ito sa inyo nang detalyado. Ang mga usaping ito ay hindi lubusang bago sa inyo, gayon pa man kayo ay labis na kulang sa pagkaunawa at pagiging pamilyar sa kahulugang nasa loob ng mga ito. Marami sa inyo ang mayroon lamang malabong pagkaunawa, bahagya at hindi pa nga kumpleto kung tutuusin. Upang matulungan kayong maisagawa nang mas mabuti ang katotohanan—upang mas mapainam ang pagsasagawa ng Aking mga salita—sa tingin Ko, ito ang mga usaping dapat ninyong malaman unang-una sa lahat. Kung hindi, ang pananampalataya ninyo ay mananatiling malabo, mapagkunwari, at puno ng mga kagayakan ng relihiyon. Kung hindi mo nauunawaan ang disposisyon ng Diyos, kung gayon ay magiging imposible para sa iyo na isagawa ang gawain na dapat mong gawin para sa Kanya. Kung hindi mo alam ang diwa ng Diyos, kung gayon ay magiging imposible para sa iyo na magkaroon ng pagpipitagan at takot sa Kanya; sa halip, magkakaroon lamang ng walang-ingat na pagwawalang-bahala at kasinungalingan, at idagdag pa rito ang hindi na maiwawastong kalapastanganan. Bagamat talagang mahalaga ang pag-intindi sa disposisyon ng Diyos, at ang pag-alam sa diwa ng Diyos ay hindi maaaring makaligtaan, walang sinuman kailanman ang lubusang nagsiyasat o nagsaliksik sa mga usaping ito. Malinaw na makikita na iwinaksi na ninyong lahat ang mga atas administratibong inilabas Ko. Kung hindi ninyo naiintindihan ang disposisyon ng Diyos, kung gayon ay malamang na malalabag ninyo ang disposisyon Niya. Ang paglabag sa disposisyon Niya ay katumbas ng pagpukaw sa galit ng Diyos Mismo, at sa ganitong pagkakataon, ang pangwakas na bunga ng mga ikinilos mo ay ang paglabag sa mga atas administratibo. Ngayon dapat mong mapagtanto na kapag nababatid mo ang diwa ng Diyos ay maiintindihan mo rin ang Kanyang disposisyon—at kapag naiintindihan mo ang Kanyang disposisyon, maiintindihan mo rin ang mga atas administratibo. Hindi na kailangan pang sabihin na karamihan sa napapaloob sa mga atas administratibo ay sumasaklaw sa disposisyon ng Diyos, ngunit hindi lahat ng disposisyon Niya ay ipinahayag sa mga atas administratibo; kaya, dapat ninyong pagbutihin pa ang pagpapaunlad ng pagkaunawa ninyo sa disposisyon ng Diyos.

Nakikipag-usap Ako sa inyo ngayon na hindi tulad ng sa karaniwang pakikipag-usap, kaya marapat ninyong maingat na pag-aralan ang Aking mga salita, at bukod dito ay

malalim na pagnilayan ang mga ito. Ang ibig Kong sabihin dito ay napakaliit ng ginugol ninyong sigasig para sa mga salitang sinabi Ko. Lalong hindi kayo handang pagnilayan ang disposisyon ng Diyos; bihirang mayroong sinumang nagsisikap para rito. Dahil dito sinasabi Kong ang pananampalataya ninyo ay wala nang iba pa kundi mabulaklak na pananalita. Kahit ngayon, walang ni isa man sa inyo ang nag-ukol ng anumang mataimtim na pagsisikap sa mga nakamamatay na kahinaan ninyo. Binigo ninyo Ako sa kabila ng lahat ng matiyagang pagsisikap Ko para sa inyo. Hindi kataka-takang wala kayong pakundangan sa Diyos at ang mga buhay ninyo ay walang katotohanan. Paano ituturing ang gayong mga tao na mga banal? Hindi magpaparaya ang kautusan ng langit sa gayong bagay! Yamang mayroon kayong napakaliit na pagkaunawa rito, wala Akong magagawa kundi ang gumugol ng mas marami pang oras.

Ang disposisyon ng Diyos ay isang paksang tila napakahirap unawain ng lahat at, bukod dito, ay isang bagay na hindi madaling tanggapin ninuman, dahil hindi katulad ng personalidad ng isang tao ang disposisyon Niya. Ang Diyos din ay may sariling mga damdamin ng galak, galit, lungkot, at saya, ngunit naiiba ang mga damdaming ito sa mga damdaming mayroon ang tao. Ang Diyos ay ang kung ano Siya at mayroon Siya ng kung ano ang mayroon Siya. Ang lahat ng ipinapahayag at ibinubunyag Niya ay kumakatawan sa diwa Niya at sa pagkakakilanlan Niya. Kung ano Siya at kung anong mayroon Siya, pati na rin ang diwa at pagkakakilanlan Niya, ay mga bagay na hindi maaaring palitan ng sinumang tao. Ang Kanyang disposisyon ay sumasaklaw sa Kanyang pagmamahal para sa sangkatauhan, kapanatagan sa sangkatauhan, poot sa sangkatauhan, at higit pa rito, ang lubos na pagkaunawa sa sangkatauhan. Gayunman, ang personalidad ng tao ay maaaring positibo, masigla, o manhid. Ang disposisyon ng Diyos ay nabibilang sa Tagapamahala ng lahat ng bagay at mga buhay na nilalang, sa Panginoon ng lahat ng nilikha. Kumakatawan ang disposisyon Niya sa karangalan, kapangyarihan, pagkamaharlika, kadakilaan, at higit sa lahat, sa kataas-taasang kapangyarihan. Ang disposisyon Niya ay ang sagisag ng awtoridad, ang sagisag ng lahat ng matuwid, ang sagisag ng lahat ng marikit at mabuti. Higit pa ryan, isa itong sagisag Niya na hindi maaaring madaig o masalakay ng kadiliman at ng anumang puwersa ng kaaway, at sagisag rin Niya na hindi maaaring masaktan (ni hindi rin Siya nagpaparayang masaktan) ng sinumang nilikha. Ang disposisyon Niya ang sagisag ng pinakamataas na kapangyarihan. Walang tao o mga tao na kaya o maaari na manggambala sa gawain Niya o disposisyon Niya. Ngunit ang personalidad ng tao ay isa lamang tanda ng bahagyang kalamangan ng tao sa hayop. Ang tao, sa kanyang sarili, ay walang awtoridad, walang kasarinlan, at walang kakayahang lampasan ang sarili, ngunit sa diwa niya ay isang nilalang na napapayukyok para sa awa ng lahat ng uri ng mga tao, pangyayari, at bagay. Ang kagalakan ng Diyos ay dahil sa pag-iral at paglitaw ng pagkamakatuwiran at liwanag, dahil sa pagkawasak ng kadiliman at kasamaan. Nalulugod Siya sa pagdadala ng liwanag at ng isang mabuting buhay sa sangkatauhan; ang kagalakan Niya ay isang matuwid na kagalakan, isang sagisag ng pag-iral ng lahat

ng bagay na positibo at, higit pa rito, isang sagisag ng pagkamapalad. Ang galit ng Diyos ay dahil sa pinsalang dulot ng pag-iral at panghihimasok ng kawalan ng katarungan sa sangkatauhan Niya, dahil sa pag-iral ng kasamaan at kadiliman, dahil sa pag-iral ng mga bagay na nagtataboy sa katotohanan, at higit pa, dahil sa pag-iral ng mga bagay na sumasalungat sa kung anong mabuti at maganda. Ang galit Niya ay sagisag na hindi na umiiral ang lahat ng bagay na negatibo at, higit pa ryan, isa itong sagisag ng kabanalan Niya. Ang kalungkutan Niya ay dahil sa sangkatauhan na mayroon sana Siyang pag-asa ngunit nahulog na sila sa kadiliman, sapagkat hindi umaabot sa mga inaasahan Niya ang gawaing ginagawa Niya sa tao, at sapagkat lahat sa sangkatauhang minamahal Niya ay hindi kayang makapamuhay sa liwanag. Nakakaramdam Siya ng kalungkutan para sa inosenteng sangkatauhan, para sa tapat ngunit mangmang na tao, at para sa taong mabuti ngunit sa kanyang sariling mga pananaw ay nagkukulang. Ang kalungkutan Niya ay sagisag ng kabutihan Niya at ng awa Niya, isang sagisag ng kagandahan at ng kabaitan. Ang kaligayahan Niya, mangyari pa, ay nagmumula sa pagkatalo ng mga kaaway Niya at pagkakamit ng mabuting pananampalataya ng tao. Higit pa ryan, umuusbong ito mula sa pagpapataksik at pagkawasak ng lahat ng puwersa ng kaaway, at sapagkat tumatanggap ang sangkatauhan ng mabuti at mapayapang buhay. Hindi katulad ng kagalakan ng tao ang kaligayahan ng Diyos; sa halip, ito ay ang pakiramdam ng paglikom ng magagandang bunga, isang pakiramdam na higit pa sa kagalakan. Ang kasiyahan Niya ay sagisag ng paglaya ng sangkatauhan sa pagdurusang mula sa oras na ito, at isang tanda ng pagpasok ng sangkatauhan sa isang daigdig ng liwanag. Ang mga damdamin ng sangkatauhan, sa kabilang banda, ay umuusbong na lahat para sa kapakanan ng sarili niyang mga interes at hindi para sa pagkamakatuwiran, liwanag, o kung ano ang maganda, at higit sa lahat, hindi para sa biyayang ipinagkaloob ng Langit. Ang mga damdamin ng sangkatauhan ay makasarili at nabibilang sa daigdig ng kadiliman. Hindi sila umiiral para sa kapakanan ng kalooban, lalong hindi para sa plano ng Diyos, at kaya ang tao at Diyos ay hindi kailanman maaaring pag-usapan nang magkasabay. Ang Diyos ay walang hanggang kataas-taasan at marangal kailanman, samantalang ang tao ay hamak magpakailanman at walang halaga hanggang sa walang katapusan. Ito ay sapagkat ang Diyos ay walang hanggang gumagawa ng mga sakripisyo at nag-uukol ng sarili Niya para sa sangkatauhan; ang tao, gayunman, ay walang hanggang nangunguha at nagsisikap para lamang sa sarili niya. Ang Diyos ay walang katapusan ang pagpapakahirap para makaligtas ang sangkatauhan, gayon pa man, ang tao ay hindi kailanman nag-aambag ng anumang bagay para sa kapakanan ng liwanag o para sa katuwiran. Kahit na magsikap ang tao sa maikling panahon, hindi nito makakayanan ang isang dagok, dahil ang pagsisikap ng tao ay palaging para sa sarili niyang kapakanan at hindi para sa iba. Palaging makasarili ang tao, samantalang ang Diyos ay hindi makasarili magpakailanman. Ang Diyos ang pinagmumulan ng lahat ng makatarungan, mabuti, at maganda, habang ang tao ay ang siyang nagtatagumpay at nagpapamalas ng lahat ng kapangitan at

kasamaan. Hindi kailanman babaguhin ng Diyos ang diwa ng pagkamakatuwiran at kagandahan Niya, gayon pa man, ang tao ay ganap na may kakayahan, sa anumang oras at sa anumang kalagayan, na ipagkanulo ang pagkamakatuwiran at lumayo mula sa Diyos.

Ang bawat pangungusap na sinabi Ko ay naglalaman sa loob nito ng disposisyon ng Diyos. Makabubuti para sa inyo na pagbulayan ang mga salita Ko nang maigi, at tiyak na makikinabang kayo nang malaki mula sa mga ito. Napakahirap maunawaan ang diwa ng Diyos, ngunit nagtitiwala Akong kayong lahat ay may ilang ideya man lamang tungkol sa disposisyon ng Diyos. Umaasa Ako, kung gayon, na mas marami kayong ipakikita sa Akin na mga bagay na nagawa ninyo na hindi lumalabag sa disposisyon ng Diyos. Saka Ako mapapanatag. Halimbawa, panatilihin ang Diyos sa puso mo sa lahat ng oras. Kapag kumilos ka, gawin ito ayon sa mga salita Niya. Hanapin ang mga layunin Niya sa lahat ng bagay, at magpigil sa paggawa ng hindi gumagalang at nagpapahiya sa Diyos. Lalong hindi mo dapat ilagay ang Diyos sa likod ng isip mo upang punan ang panghinaharap na kahungkagan sa puso mo. Kung gagawin mo ito, malalabag mo ang disposisyon ng Diyos. Muli, ipinapalagay na hindi ka kailanman gumawa ng lapastangang mga pahayag o mga reklamo laban sa Diyos sa buong buhay mo, at muli, ipinapalagay na nagagawa mong gampanan nang wasto ang lahat ng ipinagkatiwala Niya sa iyo at nagpapasakop din sa lahat ng mga salita Niya sa buong buhay mo, kung gayon ay naiwasan mong lumabag laban sa mga atas administratibo. Halimbawa, kung nasabi mong, “Bakit ko iniisip na hindi Siya ang Diyos?” “Sa tingin ko ang mga salitang ito ay wala nang iba pa kundi ilang kaliwanagan ng Banal na Espiritu,” “Sa palagay ko, hindi lahat ng ginagawa ng Diyos ay kinakailangang tama,” “Hindi higit ng sa akin ang katauhan ng Diyos,” “Ang mga salita ng Diyos ay talagang hindi kapani-paniwala,” o iba pang mga mapanghusgang pahayag, kung gayon ay hinihimok Kong mangumpisal at magsisi ka sa iyong mga kasalanan nang mas madalas. Kung hindi, hindi ka kailanman magkakaroon ng pagkakataong mapatawad, dahil hindi ka nagkakasala sa tao, kundi sa Diyos Mismo. Maaaring naniniwala kang ang hinuhusgahan mo ay isang tao, ngunit hindi ito itinuturing ng Espiritu ng Diyos sa ganiyang paraan. Ang kawalang-galang mo sa katawang-tao Niya ay katumbas ng kawalang-galang sa Kanya. Alinsunod dito, hindi ka ba lumabag sa disposisyon ng Diyos? Dapat mong tandaang ang lahat ng ginawa ng Espiritu ng Diyos ay ginagawa upang ingatan ang gawain Niya sa katawang-tao at upang ang gawaing ito ay magawa nang mahusay. Kung makakaligtaan mo ito, kung gayon ay sinasabi Ko sa iyong isa kang taong hindi kailanman magtagumpay sa paniniwala sa Diyos. Dahil pinukaw mo ang poot ng Diyos, at kaya gagamit Siya ng nababagay na kaparusahan upang turuan ka ng aral.

Ang malaman ang diwa ng Diyos ay hindi biru-birong bagay. Dapat mong maunawaan ang disposisyon Niya. Sa ganitong paraan, unti-unti at hindi mo namamalayan na nalalaman mo na ang diwa ng Diyos. Kapag nakapasok ka sa ganitong kaaalaman, matatagpuan mo ang sarili mong tumatapak sa mas mataas at mas magandang kalagayan.

Sa huli, makararamdam ka ng hiya sa nakapanghihilakbot mong kaluluwa, at, bukod dito, ay mararamdaman mong hindi ka na makakapagtago kahit saan pa man mula sa iyong kahihyan. Sa panahong iyon, mababawasan nang mababawasan ang mga ginagawa mong lumalabag sa disposisyon ng Diyos, lalapit at lalapit sa Diyos ang puso mo, at ang pagmamahal sa Kanya ay unti-unting lalago sa puso mo. Isa itong tanda ng pagpasok ng sangkatauhan sa isang magandang kalagayan. Ngunit hanggang ngayon, hindi pa ninyo natatamo ito. Habang nagmamadali kayong lahat para sa kapakanan ng tadhana ninyo, sino ang mayroong anumang interes na sumubok na alamin ang diwa ng Diyos? Kung magpapatuloy ito, makalalabag kayo nang hindi ninyo namamalayan laban sa mga atas administratibo, dahil lubhang napakakakaunti ng naiintindihan ninyo sa disposisyon ng Diyos. Kaya hindi ba ang ginagawa ninyo ngayon ay paglalatatag ng saligan para sa mga paglabag ninyo laban sa disposisyon ng Diyos? Ang paghingi Ko sa inyo na unawain ang disposisyon ng Diyos ay hindi hiwalay sa gawain Ko. Dahil kung lumalabag kayo nang madalas sa mga atas administratibo, sino sa inyo ang makatatakas sa kaparusahan? Ang gawain Ko ba kung gayon ay hindi naging lubusang walang katuturan? Samakatuwid, hinihiling Ko pa rin, bilang karagdagan sa pagsusuring mabuti sa sarili ninyong asal, na maging maingat sa mga hakbang na tinatahak ninyo. Ito ang mas malaking hihingin Ko sa inyo, at umaasa Akong maingat ninyong isasaalang-alang ito at bibigyan ito ng maalab ninyong pagturing. Kung darating man ang araw na pupukawin ng mga kilos ninyo ang Aking masidhing galit, kung gayon ay kayo lamang ang magsasaalang-alang ng mga kahihinatnan, at wala nang iba pang hahalili sa pagbabata ng kaparusahan ninyo.

Paano Mababatid ang Diyos na Nasa Lupa

Ninana is ninyong lahat na magantimpalaan sa harap ng Diyos at paboran ng Diyos; umaasa ang bawat isa sa mga ganoong bagay kapag nagsimula na silang maniwala sa Diyos, sapagkat abala ang bawat isa sa pagkakamit ng mas matataas na bagay, at walang sinumang ibig mahuli sa iba. Ganito lamang talaga ang mga tao. Dahil mismo sa pag-iisip na ito kaya marami sa inyo ang patuloy na sumusubok magpalakas sa Diyos na nasa langit, subalit sa totoo lang, ang katapatan at pagiging bukas ninyo sa Diyos ay higit na mababa kaysa sa katapatan at pagiging bukas ninyo sa inyong mga sarili. Bakit Ko sinasabi ito? Sapagkat hindi Ko kinikilala ni katiting ang katapatan ninyo sa Diyos at, higit pa rito, itinatatwa Ko ang pagkakaroon ng Diyos na nasa mga puso ninyo. Ibig sabihin, ang Diyos na sinasamba ninyo, ang malabong Diyos na hinahangaan ninyo, ay hindi talaga totoo. Ang dahilan kung bakit nasasabi Ko ito nang may katiyakan ay dahil napakalayo ninyo sa tunay na Diyos. Ang diyos-diyosan sa mga puso ninyo ang dahilan ng katapatan ninyo; samantala, para sa Akin, ang Diyos na tinitingnan ninyo na hindi dakila o hamak ay kinikilala lamang ninyo sa mga salita. Kapag sinabi Kong malayo kayo

sa Diyos, ang ibig Kong sabihin ay malayo kayo sa tunay na Diyos, habang tila malapit lamang ang malabong Diyos. Kapag sinabi Kong, “hindi dakila,” tumutukoy ito sa kung paanong ang Diyos na pinaniniwalaan ninyo ngayon ay lumalabas na tao lamang na walang mga kahanga-hangang kakayahan, isang taong hindi gaanong dakila. At kapag sinabi Kong, “hindi hamak,” ang ibig sabihin nito ay bagama’t hindi kayang tawagin ng taong ito ang hangin at utusan ang ulan, nagagawa pa rin Niyang tawagin ang Espiritu ng Diyos para gumawa ng gawaing yayanig sa kalangitan at lupa, na nagdudulot sa mga tao na lubos na malito. Sa panlabas, mukha kayong napakamasunurin sa Cristong ito na nasa lupa, subalit sa diwa, wala kayong pananampalataya sa Kanya, ni hindi ninyo Siya minamahal. Ibig sabihin, ang malabong Diyos na iyon ng inyong mga damdamin ang tunay ninyong pinaniniwalaan, at ang tunay ninyong minamahal ay ang Diyos na inyong ninanasa sa gabi at sa araw, subalit hindi pa kailanman nakikita nang harapan. Hindi lubos ang inyong pananampalataya, at wala ang pagmamahal ninyo sa Cristong ito. Paniniwala at pagtitiwala ang kahulugan ng pananampalataya; pagsamba at paghanga sa puso ng isang tao ang ibig sabihin ng pagmamahal, na hindi kailanman mawawalay. Subalit kulang na kulang nito ang pananampalataya at pagmamahal ninyo sa Cristo ng ngayon. Pagdating sa pananampalataya, paano kayo nananampalataya sa Kanya? Pagdating sa pagmamahal, sa paanong paraan ninyo Siya minamahal? Wala talaga kayong pagkaunawa sa disposisyon Niya, at mas lalong kaunti ang pagkaalam ninyo sa Kanyang diwa, kaya paano kayo nananampalataya sa Kanya? Totoo ba ang inyong pananampalataya sa Kanya? Paano ninyo Siya minamahal? Nasaan ang realidad ng inyong pagmamahal sa Kanya?

Marami ang sumusunod sa Akin nang walang pag-aatubili hanggang ngayon. Gayundin, dumanas kayo ng labis na pagkapagod sa nakaraang ilang taon. Malinaw na malinaw Kong nauunawaan ang likas na katangian at mga gawi ng bawat isa sa inyo; labis na nakakapagod ang pakikipag-ugnayan sa bawat isa sa inyo. Ang nakakalungkot ay bagama’t nauunawaan Ko ang maraming bagay tungkol sa inyo, wala kayong nauunawaan sa Akin. Hindi nakapagtataka na sinasabi ng mga tao na napaniwala kayo ng panlilinlang ng kung sino sa isang sandali ng kalituhan. Tunay ngang wala kayong naiintindihan sa Aking disposisyon, at mas lalong hindi ninyo maaarok kung ano ang nasa Aking isipan. Ngayon, tumitindi ang mga maling pagkaunawa ninyo tungkol sa Akin, at nananatiling litong pananampalataya ang pananampalataya ninyo sa Akin. Sa halip na sabihin na may pananampalataya kayo sa Akin, mas nababagay sabihing sinusubukan ninyong lahat na magpalakas at mambola sa Akin. Napakapayak ng mga motibo ninyo: Susundin ko ang sinumang kayang maggantimpala sa akin, at maniniwala ako sa sinumang nagtutulot sa aking makatakas sa malalaking sakuna, Diyos man siya o anumang partikular na Diyos. Wala sa mga ito ang alalahanin Ko. Marami sa inyo ang ganitong klase ng tao, at napakalubha ng kalagayang ito. Kung, isang araw, may isang pagsubok upang malaman kung ilan sa inyo ang may pananampalataya kay Cristo dahil sa kabatiran sa Kanyang diwa, mangangamba Akong wala ni isa man sa inyo ang

magiging kasiya-siya sa Akin. Kaya't hindi na masama para sa bawat isa sa inyo na isaalang-alang ang tanong na ito: Napakalaki ng pagkakaiba sa Akin ng Diyos na pinaniniwalaan ninyo, at yamang ganito, ano kung gayon ang pinakadiwa ng pananampalataya ninyo sa Diyos? Habang mas pinaniniwalaan ninyo ang inyong tinaguriang Diyos, mas lalo kayong lumalayo sa Akin. Kung gayon, ano ang pinakadiwa ng usaping ito? Tiyak na wala ni isa man sa inyo ang nagsaalang-alang kailanman sa katanungang tulad nito, ngunit naisip ba ninyo ang bigat nito? Sumasagi ba sa isipan ninyo ang kahihinatnan ng patuloy na paniniwala sa ganitong paraan?

Ngayon, marami kayong kinakaharap na problema, at wala ni isa man sa inyo ang bihasa sa paglutas sa suliranin. Kung magpapatuloy ang sitwasyong ito, kayo lamang ang matatalo. Tutulungan Ko kayong kilalanin ang mga problema, ngunit kayo ang bahalang lumutas sa mga ito.

Kinalulugdan Ko ang mga hindi mapaghinala sa iba, at gusto Ko ang mga tumatanggap kaagad ng katotohanan; nagpapakita Ako ng labis na pagkalinga sa dalawang uri ng mga taong ito, dahil matatapat silang mga tao sa Aking paningin. Kung mapanlinlang ka, magiging malihim at mapaghinala ka sa lahat ng tao at bagay, kaya ang pananampalataya mo sa Akin ay maitatayo sa isang pundasyon ng paghihinala. Hindi Ko kailanman maaaring kilalanin ang ganitong pananampalataya. Sa kakulangan ng tunay na pananampalataya, mas lalo kang salat sa tunay na pagmamahal. At kung malamang na pagdudahan mo ang Diyos at sinasadya mong gumawa ng haka-haka tungkol sa Kanya, kung gayon walang kaduda-dudang ikaw ang pinakamapanlinlang sa lahat ng tao. Nag-iisip-isip ka kung maaaring maging katulad ng tao ang Diyos: makasalanang di-mapapatawad, mababaw ang pagkatao, salat sa pagiging makatarungan at katwiran, walang pagkaunawa sa katarungan, mahilig sa mapanirang mga kaparaanan, taksil at tuso, nalulugod sa kasamaan at kadiliman, at iba pa. Hindi ba't ang dahilan kaya may ganitong kaisipan ang mga tao ay sapagkat wala sila ni bahagyang kaalaman sa Diyos? Kasalanan talaga ang ganitong uri ng pananampalataya! Mayroon pa ngang ibang naniniwala na ang mga nagbibigay-lugod sa Akin ay ang mga nambobola at sumisipsip, at hindi tatanggapin sa tahanan ng Diyos at mawawalan ng lugar doon ang mga walang kasanayan sa ganoong mga bagay. Ito lamang ba ang tanging kaalamang nakuha ninyo pagkatapos ng maraming taon? Ito ba ang nakamit ninyo? At hindi tumitigil sa mga maling pagkaunawang ito ang kaalaman ninyo sa Akin; mas malala pa ay ang kalapastanganan ninyo sa Espiritu ng Diyos at pinagmumukha ninyong masama sa Langit. Ito ang dahilan kaya sinasabi Kong magdudulot lamang ng lalong paglayo ninyo sa Akin at higit pang pagsalungat sa Akin ang pananampalatayang tulad ng sa inyo. Sa loob ng maraming taon ng gawain, marami na kayong nakitang katotohanan, ngunit alam ba ninyo kung ano ang narinig ng Aking mga tainga? Ilan sa inyo ang handang tanggapin ang katotohanan? Naniniwala kayong lahat na handa kayong bayaran ang halaga ng katotohanan, ngunit ilan sa inyo ang tunay na nagdusa para sa katotohanan? Walang iba kundi pagiging hindi matuwid ang nasa mga puso ninyo, na nagpapaisip sa

inyo na ang lahat, maging sino man sila, ay parehong mapanlinlang at buktot—hanggang sa puntong naniniwala pa nga kayo na ang Diyos na nagkatawang-tao, tulad ng karaniwang tao, ay maaaring walang mabuting puso o mapagmalasakit na pagmamahal. Higit pa ryan, naniniwala kayo na sa Diyos na nasa langit lamang umiiral ang isang marangal na katangian at isang mahabagin at mapagmalasakit na kalikasan. Naniniwala kayong walang santong tulad nito, na tanging kadiliman at kasamaan ang naghahari sa lupa, samantalang ang Diyos ay isang bagay na pinaglalagakan ng mga tao ng kanilang pananabik sa mabuti at maganda, isang maalamat na nilalang na gawa-gawa lamang nila. Sa inyong mga isipan, ang Diyos na nasa langit ay lubhang marangal, matuwid, at dakila, karapat-dapat sa pagsamba at paghanga; samantala, itong Diyos na nasa lupa ay panghalili lamang, at isang kasangkapan, ng Diyos na nasa langit. Naniniwala kayo na hindi magiging kapantay ng Diyos na nasa langit ang Diyos na ito, at lalong hindi Siya dapat mabanggit nang tulad ng pagbanggit sa Kanya. Pagdating sa kadakilaan at karangalan ng Diyos, tumutukoy ito sa kaluwalhatian ng Diyos na nasa langit, ngunit pagdating sa kalikasan at sa katiwalian ng tao, mga katangian ito na may bahagi ang Diyos na nasa lupa. Walang-hanggang matayog ang Diyos na nasa langit, samantalang magpakailanman ang hamak, mahina, at walang kakayahan ang Diyos na nasa lupa. Hindi nadadala ng bugso ng damdamin ang Diyos na nasa langit, kundi sa pagiging matuwid lamang, samantalang may makasariling dahilan lamang at walang anumang pagkamakatarungan o katwiran ang Diyos na nasa lupa. Wala kahit bahagyang kabuktutan at tapat magpakailanman ang Diyos na nasa langit, samantalang laging may mapandayang katangian ang Diyos na nasa lupa. Mahal na mahal ng Diyos na nasa langit ang tao, samantalang nagpapakita ng hindi sapat na pag-aaruga sa tao ang Diyos na nasa lupa, at lubos pa nga itong pinababayaan. Matagal na sa mga puso ninyo ang maling kaalamang ito at maaari rin itong maipagpatuloy sa hinaharap. Tinitingnan ninyo ang lahat ng gawa ni Cristo mula sa pananaw ng mga hindi matuwid at sinusuri ang lahat ng Kanyang gawain, gayundin ang Kanyang pagkakakilanlan at diwa, mula sa pananaw ng mga buktot. Nakagawa kayo ng matinding pagkakamali at nagawa ninyo ang hindi pa kailanman nagagawa ng mga nauna sa inyo. Ibig sabihin, pinaglilingkuran lamang ninyo ang dakilang Diyos na nasa langit na may korona sa Kanyang ulo, at hindi kayo kailanman nagsisilbi sa Diyos na itinuturing ninyo na napakahamak kaya hindi ninyo Siya nakikita. Hindi ba't ito ay inyong kasalanan? Hindi ba ito isang karaniwang halimbawa ng pagkakasala ninyo laban sa disposisyon ng Diyos? Sinasamba ninyo ang Diyos na nasa langit. Sinasamba ninyo ang matatayog na larawan at pinahahalagahan ang mga bantog dahil sa kanilang kahusayang magsalita. Nagagalak kang mautusan ng Diyos na pumupuno sa iyong mga kamay ng mga yaman, at pinananabikan nang labis ang Diyos na makatutupad ng bawat nais mo. Ang Diyos na ito na hindi matayog ang tanging hindi mo sinasamba; ang pakikisama sa Diyos na hindi kayang igalang ng sinuman ang nag-iisang bagay na kinapopootan mo. Ang paglingkuran ang Diyos na hindi kailanman nagbigay sa iyo ng kahit isang sentimo ang tanging bagay na hindi mo handang

gawin, at ang hindi kaibig-ibig na Diyos na ito ang Siyang natatangi na hindi magawang panabikin ka sa Kanya. Walang kakayahan ang ganitong Diyos na mapalawak ang mga pananaw mo, na maiparamdam sa iyo na tila ba may natagpuan kang kayamanan, at lalong hindi Niya matutupad ang nais mo. Kung gayon, bakit mo Siya sinusunod? Napag-isipan mo na ba ang mga katanungang tulad nito? Sa ginagawa mo ay hindi ka lamang nagkakasala sa Cristong ito; mas mahalaga, nagkakasala ka sa Diyos na nasa langit. Sa palagay Ko, hindi ito ang layunin ng pananampalataya ninyo sa Diyos!

Inaasam ninyo na kalugdan kayo ng Diyos, subalit napakalayo ninyo sa Diyos. Ano ang problema rito? Ang mga salita lamang Niya ang tinatanggap ninyo, ngunit hindi ang pagwawasto at pagtatabas Niya, lalong hindi ninyo magawang tanggapin ang bawat pagsasaayos Niya, ang magkaroon ng ganap na pananampalataya sa Kanya. Kung gayon, ano ang problema rito? Sa huling pagsusuri, ang inyong pananampalataya ay isang basyong balat ng itlog, iyong hindi kailanman makabubuo ng sisiw. Sapagkat hindi nakapagdala sa inyo ng katotohanan o nakapagbigay sa inyo ng buhay ang inyong pananampalataya, bagkus ay nakapagbigay ito sa inyo ng mapanlinlang na pakiramdam ng pagtustos at pag-asa. Itong pakiramdam ng pagtustos at pag-asa ang layunin ng paniniwala ninyo sa Diyos, hindi ang katotohanan at ang buhay. Kaya't sinasabi Ko na ang landas ng inyong pananampalataya sa Diyos ay walang iba kundi ang subukang magpalakas sa Diyos sa pamamagitan ng pagpapaalipin at kawalan ng kahihiyan, at sa kahit anong paraan ay hindi maipapalagay na totoong pananampalataya. Paano isisilang ang isang sisiw sa pananampalatayang tulad nito? Sa madaling salita, ano ang magagawa ng pananampalatayang tulad nito? Ang layunin ng pananampalataya ninyo sa Diyos ay gamitin Siya upang makamit ang inyong mga layunin. Hindi ba ito dagdag na katotohanan na nagkakasala kayo laban sa disposisyon ng Diyos? Naniniwala kayo na mayroong Diyos na nasa langit at itinatatwa ninyo ang Diyos na nasa lupa, subalit hindi Ko kinikilala ang mga pananaw ninyo; pinapupurihan Ko lamang ang mga taong pinananatili ang mga paa nila sa lupa at naglilingkod sa Diyos na nasa lupa, ngunit hindi kailanman ang mga hindi kumikilala sa Cristo na nasa lupa. Gaano man katapat sa Diyos na nasa langit ang ganitong mga tao, sa huli ay hindi pa rin nila matatakan ang Aking kamay na nagpaparusa sa masasama. Masasama ang mga taong ito; sila ang mga masasamang sumasalungat sa Diyos at hindi kailanman masayang sumunod kay Cristo. Mangyari pa, kasama sa kanilang bilang ang lahat ng hindi nakakikilala, at, dagdag pa rito, hindi kumikilala kay Cristo. Naniniwala ka ba na maaari mong itrato si Cristo ayon sa iyong kagustuhan hangga't tapat ka sa Diyos na nasa langit? Mali! Kamangmangan sa Diyos na nasa langit ang kamangmangan mo kay Cristo. Gaano ka man katapat sa Diyos na nasa langit, walang kabuluhang pagsasalita at pagkukunwari lamang ito, dahil ang Diyos na nasa lupa ay hindi lamang nakatutulong sa pagtanggap ng tao sa katotohanan at sa pagkakaroon ng mas malalim na karunungan, ngunit higit pa riyan ay nakatutulong sa pagkondena ng tao at, pagkatapos, sa pagsunggab sa mga katotohanan upang parusahan ang masasama. Naintindihan mo ba rito ang mga pakinabang at mga

nakapipinsalang kalalabasan? Naranasan mo ba ang mga ito? Hiling Ko para sa inyo na maintindihan mo balang-araw ang katotohanang ito: Para makilala ang Diyos, kailangan ninyong makilala hindi lamang ang Diyos na nasa langit kundi, higit pang mahalaga, ang Diyos na nasa lupa. Huwag kayong malito sa inyong mga prayoridad o hayaang mahalinhan ng pangalawa ang pangunahin. Tanging sa ganitong paraan ka lamang tunay na makabubuo ng magandang ugnayan sa Diyos, magiging higit na malapit sa Diyos, at higit na mailalapit ang puso mo sa Kanya. Kung isa kang mananampalataya sa loob ng maraming taon at matagal nang nauugnay sa Akin, subalit nananatiling malayo sa Akin, kung gayon ay sinasabi Ko na iyan ay dahil madalas kang nagkakasala sa disposisyon ng Diyos, at magiging napakahirap kalkulahin ang katapusan mo. Kung ang maraming taon ng kaugnayan mo sa Akin ay hindi lamang nabigong baguhin ka para maging isang taong nagtataglay ng pagkatao at ng katotohanan, ngunit, bukod dito ay naitanim ng mga ito ang masama mong mga gawi sa iyong kalikasan, at hindi lamang may makadalawang ulit na pagmamataas ka kaysa dati, kundi dumami rin ang mga maling pagkakaintindi mo sa Akin, kaya't tinitingnan mo na Ako ngayon bilang abang alalay, kung gayon ay sinasabi Ko na hindi na lamang paimbabaw ang sakit mo ngunit tumagos na sa mismong mga buto mo. Ang nalalabi na lamang ay hintayin mong matapos ang pagsasaayos ng iyong libing. Hindi mo na kailangang magsumamo sa Akin upang maging Diyos mo, dahil nakagawa ka ng kasalanang nararapat sa kamatayan, isang kasalanang walang kapatawaran. Magkaroon man Ako ng habag sa iyo, igigiit ng Diyos na nasa langit na kunin ang buhay mo, dahil hindi pangkaraniwang suliranin ang pagkakasala mo laban sa disposisyon ng Diyos, ngunit isang may napakalubhang kalikasan. Pagdating ng oras, huwag mo Akong sisisihin na hindi Kita kaagad sinabihan. Bumabalik ang lahat dito: Kapag nakipag-ugnayan ka kay Cristo—ang Diyos na nasa lupa—bilang pangkaraniwang tao, ibig sabihin, kung naniniwala kang walang iba kundi isang tao lamang ang Diyos na ito, ay saka ka lamang na mamamatay ka. Ito lamang ang babala Ko sa inyong lahat.

Isang Napakaseryosong Problema: Pagtataksil 1

Malapit na malapit nang matapos ang Aking gawain, at ang maraming taon ng pagsasama ay naging di-mabatang alaala. Walang tigil Kong inulit ang Aking mga salita at palagiang inilatag ang Aking bagong gawain. Siyempre, ang Aking payo ay isang kinakailangang bahagi ng bawat piraso ng gawaing ginagawa Ko. Kung wala ang Aking payo, lahat kayo ay maliligaw at lubos na matutuliro pa. Ang Aking gawain ay malapit nang matapos ngayon at nasa huling yugto na nito. Nais Ko pa ring gawin ang gawain ng pagbibigay ng payo, iyon ay, ang mag-alok ng mga payo para pakinggan ninyo. Umaasa lang Ako na hindi ninyo magagawang sayangin ang Aking mga pagsisikap, at,

bukod pa roon, na magagawa ninyong maunawaan ang maingat na pangangalagang Aking ginawa, at ituring ang Aking mga salita bilang saligan ng kung paano kayo kumikilos bilang isang tao. Kung ang mga ito man ay ang uri ng mga salita na handa ninyong pakinggan o hindi, kung nasisiyahan man kayo o hindi na tanggapin ang mga ito o matatanggap lang ang mga ito nang may pagkabalisa, dapat ninyong seryosohin ang mga ito. Kung hindi, ang inyong mga di-seryoso at walang malasakit na mga disposisyon at mga asal ay lubhang magpapabahala sa Akin at talagang magpapasuklam sa Akin. Lubos Akong umaasa na lahat kayo ay magagawang basahin ang Aking mga salita nang paulit-ulit—nang libu-libong beses—at maisasaulo pa nga ang mga ito. Sa ganitong paraan lang ninyo magagawang hindi biguin ang Aking mga inaasahan sa inyo. Subalit, wala sa inyo ang namumuhay nang ganito ngayon. Sa kabaligtaran, lahat kayo ay nalulubog sa isang pinasamang buhay, isang buhay ng pagkain at pag-inom hanggang sa inyong ikasisiya, at wala sa inyo ang gumagamit ng Aking mga salita upang mapayaman ang inyong puso at kaluluwa. Ito ang dahilan kung bakit nahinuha Ko ang totoong mukha ng sangkatauhan: Kaya Akong pagtaksilan ng tao anumang oras, at walang sinuman ang maaaring maging lubos na matapat sa Aking mga salita.

“Ang tao ay ganap nang nagawang tiwali ni Satanas na wala na siyang hitsura ng tao.” Bahagya nang kinikilala ngayon ng karamihan ng mga tao ang pariralang ito. Sinasabi Ko ito dahil ang “pagkilala” na tinutukoy Ko ay isang uri lang ng mababaw na pagkilala, na salungat sa tunay na kaalaman. Yamang wala sa inyo ang kayang tumpak na tasahin o masusing suriin ang inyong mga sarili, nananatili kayong may iba’t ibang pakahulugan sa Aking mga salita. Ngunit sa pagkakataong ito, gumagamit Ako ng mga katunayan upang ipaliwanag ang isang pinakaseryosong problema na umiiral sa inyo. Ang problemang iyon ay ang pagtataksil. Pamilyar kayong lahat sa salitang “pagtataksil,” dahil karamihan sa mga tao ay nakagawa na ng isang bagay na nagtataksil sa iba, tulad ng isang asawang lalaki na pinagtataksilan ang kanyang asawang babae, isang asawang babae na pinagtataksilan ang kanyang asawang lalaki, isang anak na lalaki na pinagtataksilan ang kanyang ama, isang anak na babae na pinagtataksilan ang kanyang ina, isang alipin na pinagtataksilan ang kanyang amo, mga magkakaibigan na pinagtataksilan ang isa’t isa, mga magkakamag-anak na pinagtataksilan ang isa’t isa, mga nagbebenta na pinagtataksilan ang mga mamimili, at iba pa. Ang lahat ng halimbawang ito ay naglalaman ng diwa ng pagtataksil. Sa madaling salita, ang pagtataksil ay isang uri ng pag-uugali na sumisira sa isang pangako, lumalabag sa mga prinsipyo ng moralidad, o lumalaban sa pantaong etika, na nagpapakita ng isang pagkawala ng pagkatao. Sa pangkalahatan, bilang isang taong isinilang sa daigdig na ito, may nagawa ka nang isang bagay na maituturing na pagtataksil sa katotohanan, kung naaalala mo man na nakagawa ka kailanman ng isang bagay upang pagtaksilan ang iba pang tao, o kung pinagtaksilan mo na ang iba nang maraming beses. Dahil ikaw ay may kakayahang pagtaksilan ang iyong mga magulang o mga kaibigan, ikaw ay may kakayahang pagtaksilan ang iba, at ikaw rin ay may kakayahang magtaksil sa Akin at gumawa ng mga bagay

na kinamumuhian Ko. Sa ibang salita, ang pagtataksil ay hindi lamang isang mababaw na imoral na pag-uugali, ngunit isang bagay na hindi kaayon ng katotohanan. Ito mismo ang pinagmumulan ng paglaban at pagsuway sa Akin ng sangkatauhan. Ito ang dahilan kung bakit nalagom Ko ito sa sumusunod na pahayag: Ang pagtataksil ay kalikasan ng tao, at ang kalikasang ito ang malaking kalaban ng pagiging kaayon sa Akin ng bawat tao.

Ang pag-uugaling hindi kayang lubusang sumunod sa Akin ay pagtataksil. Ang pag-uugaling hindi kayang maging tapat sa Akin ay pagtataksil. Ang pagdaya sa Akin at paggamit ng mga kasinungalingan upang linlangin Ako ay pagtataksil. Ang pagtataglay ng maraming kuru-kuro at pagpapakalat sa mga ito sa lahat ng dako ay pagtataksil. Ang kawalan ng kakayahang itaguyod ang Aking mga patotoo at mga interes ay pagtataksil. Ang paghahandog ng mga huwad na ngiti kapag malayo sa Akin ang puso ay pagtataksil. Ang lahat ng ito ay mga gawain ng pagtataksil na palagi na ninyong nagagawa, at ang mga ito ay karaniwan din sa inyo. Maaaring wala sa inyo ang nag-iisip na ito ay isang problema, ngunit hindi iyon ang iniisip Ko. Hindi Ko maaaring tratuhin ang pagtataksil sa Akin ng isang tao bilang isang maliit na bagay, at lalo namang hindi Ko maaaring hindi ito pansinin. Ngayon, kapag Ako ay gumagawa sa gitna ninyo, kumikilos kayo sa ganitong paraan—kung darating ang araw na walang sinuman ang naroon upang bantayan kayo, hindi ba kayo magiging gaya ng mga bandido na ipinapahayag ang kanilang sarili na mga hari ng kanilang mga munting bundok? Kapag nangyari iyon at nagsanhi kayo ng isang malaking sakuna, sino ang naroroon upang ayusin ang problema? Iniisip ninyong ang ilang gawaing pagtataksil ay paminsan-minsang pangyayari lang, hindi ang inyong namimihasang pag-uugali, at hindi nararapat pag-usapan nang ganito kaseryoso, sa isang paraang pumipinsala sa inyong kapurihan. Kung talagang ganito ang iniisip ninyo, kulang kayo sa katinuan. Ang mag-isip nang ganito ay ang maging isang uliran at halimbawa ng paghihimagsik. Ang kalikasan ng tao ay ang kanyang buhay; ito ay isang prinsipyo kung saan siya umaasa upang manatiling buhay, at hindi niya maaaring baguhin ito. Gawing halimbawa ang kalikasan ng pagtataksil. Kung kaya mong gumawa ng isang bagay upang pagtataksilan ang isang kamag-anak o kaibigan, ito ay nagpapatunay na bahagi ito ng iyong buhay at ipinanganak kang may ganitong kalikasan. Ito ay isang bagay na hindi maitatangi ninuman. Halimbawa, kung nasisiyahan ang isang taong magnakaw sa iba, ang kasiyahan magnakaw na ito ay bahagi ng kanyang buhay, bagaman maaaring magnakaw siya minsan at hindi naman magnakaw minsan. Magnakaw man siya o hindi, hindi nito maaaring patunayan na ang kanyang pagnanakaw ay isang uri lamang ng pag-uugali. Sa halip, nagpapatunay ito na ang kanyang pagnanakaw ay isang bahagi ng kanyang buhay—iyon ay, ang kanyang kalikasan. Ang ilang tao ay magtatanong: Yamang ito ay kanyang kalikasan, kung gayon bakit, kapag nakakakita siya ng magagandang bagay, hindi niya minsan ninanakaw ang mga iyon? Ang sagot ay napakasimple. Maraming kadahilanan kung bakit hindi siya nagnanakaw. Maaaring hindi niya nakawin ang isang bagay dahil masyado itong malaki para kupitin mula sa

mapagbantay na mga mata, o dahil walang angkop na oras upang kumilos, o ang isang bagay ay masyadong mahal, masyadong mahigpit na nababantayan, o marahil siya ay hindi partikular na interesado rito, o hindi niya nakikita ang magiging gamit nito sa kanya, at iba pa. Ang lahat ng kadahilanang ito ay posible. Ngunit ano pa man, kung nakawin man niya ang isang bagay o hindi, hindi nito maaaring patunayan na ang kaisipang ito ay umiiral lang bilang isang panandalian at pahapyaw na saglit. Sa kabaligtaran, ito ay isang bahagi ng kanyang kalikasan na mahirap baguhin upang gawing mas mabuti. Ang ganitong tao ay hindi nasisiyahan sa pagnanakaw nang isang beses lamang; ang ganitong mga saloobing angkinin ang mga pag-aari ng ibang tao bilang kanya ay nabubuo tuwing nakakatagpo siya ng isang bagay na maganda, o isang angkop na sitwasyon. Ito ang dahilan kung bakit sinasabi Ko na ang pinagmulan ng kaisipang ito ay hindi isang bagay na napupulot lang paminsan-minsan, kundi nasa sariling kalikasan ng taong ito.

Ang sinuman ay maaaring gumamit ng kanilang sariling mga salita at mga pagkilos upang katawanin ang kanilang tunay na mukha. Ang totoong mukhang ito ay, siyempre, ang kanilang kalikasan. Kung ikaw ay isang taong nagsasalita sa isang paikut-ikot na paraan, ikaw ay may isang baluktot na kalikasan. Kung ang iyong kalikasan ay tuso, kumikilos ka sa mapanlinlang na paraan, at ginagawa mong napakadali para sa iba na malansi mo. Kung ang iyong kalikasan ay nakakatakot, maaaring maging kaaya-ayang pakinggan ang iyong mga salita, ngunit hindi maitatago ng iyong mga pagkilos ang iyong mga nakakatakot na pandaraya. Kung ang iyong kalikasan ay tamad, ang lahat ng bagay na iyong sinasabi ay naglalayong umiwas sa responsibilidad para sa iyong kawalang-interes at katamaran, at ang iyong mga pagkilos ay magiging mabagal at basta-basta, at napakagaling sa pagtatakip ng katotohanan. Kung ang iyong kalikasan ay madamayin, magiging makatwiran ang iyong mga salita, at ang mga kilos mo rin ay aayon nang maigi sa katotohanan. Kung ang iyong kalikasan ay tapat, ang iyong mga salita ay tiyak na taos-puso at ang paraan ng iyong pagkilos ay praktikal, walang anumang magsasanhi para sa iyong amo na mabalisa. Kung ang iyong kalikasan ay mapagnasa o sakim sa pera, ang iyong puso ay kadalasang mapupuno ng mga bagay na ito, at ikaw ay hindi sinasadyang gagawa ng mga lihis at imoral na bagay na magiging mahirap para sa mga tao na makalimutan at na magpapasulasok sa kanila. Tulad ng nasabi Ko, kung mayroon kang isang kalikasan ng pagtataksil, mahihirapan kang kumawala rito. Huwag mong iasa sa swerte na kung hindi ka nagkasala sa iba ay wala kang kalikasan ng pagtataksil. Kung ganoon ang iyong iniisip, ikaw nga ay talagang kasuklam-suklam. Ang lahat ng salita Ko, tuwing nagsasalita Ako, ay nakatuon sa lahat ng tao, hindi lamang sa isang tao o isang uri ng tao. Dahil lamang hindi mo pa Ako pinagtaksilan sa isang bagay ay hindi nagpapatunay na hindi mo Ako maaaring pagtaksilan sa anumang bagay. Kapag may mga dagok sa samahan nilang mag-asawa, nawawalan ang ibang tao ng kanilang tiwala sa paghahanap sa katotohanan. Tinatalikdan ng ibang tao ang kanilang obligasyon na maging tapat sa Akin sa panahon ng pagkasira ng pamilya. Iniiwan Ako ng ibang tao upang maghanap ng isang sandali ng kagalakan

at katuwaan. Ang ibang tao ay mas gugustuhin pang mahulog sa isang madilim na bangin kaysa mabuhay sa liwanag at matamo ang kaluguran ng gawain ng Banal na Espiritu. Ang ibang tao ay hindi pinapansin ang payo ng mga kaibigan para lang bigyang-kasiyahan ang kanilang pagnanasa sa kayamanan, at kahit ngayon ay hindi kayang kilalanin ang kanilang pagkakamali at baguhin ang kanilang landas. Ang ibang tao ay pansamantalang naninirahan lamang sa ilalim ng Aking ngalan upang matanggap ang Aking pangangalaga, habang ang iba ay sapilitan lang na naglalaan sa Akin nang kaunti sapagkat kumakapit sila sa buhay at takot sa kamatayan. Hindi ba't ang mga ito at ang iba pang mga imoral na pagkilos, na bukod pa roon ay walang integridad, ay mga pag-uugali lamang na kung saan ang mga tao ay matagal nang pinagtaksilan Ako sa kaibuturan ng kanilang mga puso? Siyempre, alam Kong hindi paunang binabalak ng mga tao ang pagtaksilan Ako; ang pagtataksil nila ay isang natural na pagbubunyag ng kanilang kalikasan. Walang sinuman ang nagnanais na pagtaksilan Ako, at walang sinuman ang masaya sapagkat nakagawa sila ng isang bagay upang pagtaksilan Ako. Sa kabaligtaran, nanginginig sila sa takot, hindi ba? Kaya, iniisip ba ninyo kung paano tutubusin ang mga pagtataksil na ito, at kung paano babaguhin ang kasalukuyang kalagayan?

Isang Napakaseryosong Problema: Pagtataksil 2

Ang kalikasan ng tao ay ganap na naiiba sa Aking diwa, sapagkat ang tiwaling kalikasan ng tao ay lubos na nagmumula kay Satanas; ang kalikasan ng tao ay naproseso na at nagawa nang tiwali ni Satanas. Ibig sabihin, nabubuhay ang tao sa ilalim ng impluwensya ng kasamaan at kapangitan nito. Ang tao ay hindi lumalaki sa isang mundo ng katotohanan o sa isang banal na kapaligiran, at lalo namang hindi nabubuhay ang tao sa liwanag. Samakatuwid, hindi posibleng taglayin ninuman ang katotohanan sa kanilang kalikasan mula sa pagsilang, at lalong hindi maisisilang ang sinuman nang may diwang may takot at sumusunod sa Diyos. Sa kabaligtaran, nagtataglay ang mga tao ng isang kalikasang lumalaban sa Diyos, sumusuway sa Diyos, at walang pagmamahal sa katotohanan. Ang kalikasang ito ang problemang nais Kong talakayin—ang pagtataksil. Ang pagtataksil ang pinagmumulan ng paglaban ng bawat tao sa Diyos. Ito ay isang problemang umiiral lamang sa tao, at hindi sa Akin. Itatanong ng ilan: Yamang nabubuhay ang lahat ng tao sa mundo gaya ni Cristo, bakit mayroon ang lahat ng tao ng mga kalikasang nagtataksil sa Diyos, subalit si Cristo ay wala? Ito ay isang problemang kailangang ipaliwanag nang malinaw sa inyo.

Ang batayan ng pag-iral ng sangkatauhan ay ang paulit-ulit na muling pagkakatawang-tao ng kaluluwa. Sa madaling salita, bawat tao ay nagtatamo ng isang pantaong buhay sa laman kapag muling nagkakatawang-tao ang kanilang kaluluwa.

Matapos isilang ang katawan ng isang tao, nagpapatuloy ang buhay nito hanggang maabot nito sa huli ang mga hangganan nito, na siyang pangwakas na sandali, kung kailan nililisan ng kaluluwa ang katawan nito. Nagpapaulit-ulit ang prosesong ito, na ang kaluluwa ng isang tao ay paulit-ulit na dumarating at umaalis, at sa gayon ay napapanatili ang pag-iral ng sangkatauhan. Ang buhay ng laman ay ang buhay rin ng kaluluwa ng tao, at ang kaluluwa ng tao ang sumusuporta sa pag-iral ng laman ng tao. Na ang ibig sabihin, ang buhay ng bawat tao ay nagmumula sa kanilang kaluluwa, at ang buhay ay hindi likas sa laman. Samakatuwid, nanggagaling ang kalikasan ng tao sa kaluluwa, hindi sa laman. Tanging ang kaluluwa ng bawat tao ang nakakaalam kung paano nila naranasan ang mga panunukso, pagpapahirap, at katiwalian ni Satanas. Hindi nalalaman ng laman ng tao ang mga bagay na ito. Kaya, di-sinasadyang nagiging padilim nang padilim, parumi nang parumi, at pasama nang pasama ang sangkatauhan, habang palaki nang palaki ang agwat sa pagitan Ko at ng tao, at padilim nang padilim ang buhay para sa sangkatauhan. Ang mga kaluluwa ng sangkatauhan ay hawak ni Satanas sa mga kamay nito, kaya, siyempre, ang laman ng tao ay nasakop na rin ni Satanas. Paanong hindi kakalabanin ng laman na tulad nito at ng sangkatauhang ito ang Diyos? Paano sila magiging likas na kaayon Niya? Itinapon Ko sa hangin si Satanas dahil pinagtaksilan Ako nito. Paano, kung gayon, mapapalaya ang mga tao sa pagkakasangkot nila? Ito ang dahilan kung bakit ang pagtataksil ay kalikasan ng tao. Umaasa Akong sa sandaling maunawaan ninyo ang pangangatwirang ito, dapat din kayong magkaroon ng kaunting paniniwala sa diwa ni Cristo. Ang katawang-taong ibinihis ng Espiritu ng Diyos ay ang sariling katawang-tao ng Diyos. Ang Espiritu ng Diyos ang pinakamataas; Siya ay makapangyarihan sa lahat, banal, at matuwid. Gayon din, ang Kanyang katawang-tao ay pinakamataas, makapangyarihan sa lahat, banal, at matuwid. Ang magagawa lamang ng katawang-taong ito ay yaong matuwid at makakabuti sa sangkatauhan, yaong banal, maluwalhati, at makapangyarihan; wala Siyang kakayahang gumawa ng anumang bagay na labag sa katotohanan, na labag sa moralidad at katarungan, at lalong wala Siyang kakayahang gumawa ng anuman na magtataksil sa Espiritu ng Diyos. Ang Espiritu ng Diyos ay banal, at sa gayon ay hindi magagawang tiwali ni Satanas ang Kanyang katawang-tao; ang Kanyang katawang-tao ay naiiba ang diwa kaysa laman ng tao. Sapagkat ang tao, hindi ang Diyos, ang siyang ginawang tiwali ni Satanas; hindi posibleng magawang tiwali ni Satanas ang katawang-tao ng Diyos. Kaya, sa kabila ng katunayan na iisa ang espasyong tinitirhan ng tao at ni Cristo, ang tao lamang ang pinaghaharian, kinakasangkapan, at binibitag ni Satanas. Sa kabaligtaran, si Cristo ay hindi tinatablan ng katiwalian ni Satanas magpakailanman, dahil hindi magkakaroon ng kakayahan si Satanas kailanman na umakyat sa kataas-taasang lugar, at hindi magagawang lumapit sa Diyos kailanman. Ngayon, dapat ninyong maunawaang lahat na ang sangkatauhan lamang, na nagawa nang tiwali ni Satanas, ang siyang nagtataksil sa Akin. Ang pagtataksil ay hindi kailanman magiging isang isyu na kasasangkutan ni Cristo kahit kaunti.

Lahat ng kaluluwang ginawang tiwali ni Satanas ay nasa ilalim ng pagkaalipin sa sakop ni Satanas. Yaon lamang mga naniniwala kay Cristo ang naihiwalay na, nailigtas mula sa kampo ni Satanas, at nadala sa kaharian ngayon. Hindi na nabubuhay ang mga taong ito sa ilalim ng impluwensya ni Satanas. Gayunpaman, ang kalikasan ng tao ay nakaugat pa rin sa laman ng tao, na ibig sabihin ay bagama't naligtas na ang inyong kaluluwa, ang inyong kalikasan ay gaya pa rin ng dati, at ang posibilidad na pagtataksilan ninyo Ako ay nananatiling isandaang porsiyento. Ito ang dahilan kung bakit tumatagal nang napakatagal ang Aking gawain, sapagkat ang inyong kalikasan ay mahirap kontrolin. Ngayon, lahat kayo ay nagdaraan sa mga paghihirap hangga't makakaya ninyo habang tinutupad ninyo ang inyong mga tungkulin, subalit bawat isa sa inyo ay may kakayahang pagtataksilan Ako at bumalik sa sakop ni Satanas, sa kampo nito, at bumalik sa dati ninyong buhay—hindi maikakaila ang katotohanang ito. Sa panahong iyon, hindi magiging posibleng may makita sa inyo ni katiting na pagkatao o wangis ng tao, na kagaya ninyo ngayon. Sa mga seryosong kaso, kayo ay wawasakin at, higit pa ryan, mapapahamak kayo nang walang-hanggan, parurusahan nang matindi, hindi na kailanman muling magkakatawang-tao. Ito ang problemang nakalahad sa inyong harapan. Pinaaalalahanan Ko kayo sa ganitong paraan, una, upang hindi mawalan ng saysay ang Aking gawain, at pangalawa, upang makapamuhay kayong lahat sa mga panahon ng liwanag. Sa totoo lang, ang malaking problema ay hindi kung may saysay ang Aking gawain o wala. Ang mahalaga ay nagagawa ninyong mabuhay nang masaya at magkaroon ng magandang hinaharap. Ang Aking gawain ay ang gawain ng pagliligtas sa kaluluwa ng mga tao. Kung mahulog ang iyong kaluluwa sa mga kamay ni Satanas, hindi mabubuhay nang payapa ang iyong katawan. Kung pinangangalagaan Ko ang iyong katawan, tiyak na nasa ilalim din ng Aking pangangalaga ang iyong kaluluwa. Kung talagang kinamumuhian kita, mahuhulog kaagad ang iyong katawan at kaluluwa sa mga kamay ni Satanas. Naiisip mo ba ang sitwasyon mo kapag nagkagayon? Kung, isang araw ay mawala sa inyo ang Aking mga salita, ipapasa Ko kayong lahat kay Satanas, na isasailalim kayo sa napakasakit na pagpapahirap hanggang sa lubos na mapawi ang Aking galit, o kaya'y parurusahan Ko nang personal kayong mga taong hindi na matutubos, sapagkat ang inyong pusong nagtataksil sa Akin ay hindi na magbabago kailanman.

Dapat ninyong lahat tingnan ngayon ang mga sarili ninyo agad-agad, upang makita kung gaano kalaking pagtataksil sa Akin ang nasasainyo pa. Sabik Akong naghihintay sa inyong tugon. Huwag ninyo Akong pakitunguhan nang basta-basta. Kailanma'y hindi Ako nakikipaglaro sa mga tao. Kung sinasabi Kong gagawin Ko ang isang bagay ay tiyak na gagawin Ko ito. Umaasa Akong ang bawat isa sa inyo ay magiging isang taong sineseryoso ang mga salita Ko, at hindi ipinagpapalagay ang mga iyon na kathang-isip na agham. Ang nais Ko ay kongkretong pagkilos mula sa inyo, hindi ang inyong mga haka-haka. Sunod, dapat ninyong sagutin ang mga tanong Ko, na ang mga sumusunod:

1. Kung tunay kang isang taga-serbisyo, makakapaglingkod ka ba sa Akin nang matapat, nang walang anumang bahid ng pagpapabaya o pagiging negatibo?
2. Kung malaman mong hindi kita napahalagahan kailanman, makakayanan mo pa rin bang manatili at maglingkod sa Akin habambuhay?
3. Kung nananatili pa rin Akong masyadong malamig sa iyo bagama't gumugol ka na ng matinding pagsisikap, makakaya mo bang magpatuloy na gumawa para sa Akin kahit hindi napapansin?
4. Kung, pagkatapos mong gumugol para sa Akin, hindi Ko tinutugunan ang maliliit mong hinihingi, masisiraan ka ba ng loob at madidismaya sa Akin, o magiging galit na galit pa at sisigaw pa ng pang-aabuso?
5. Kung palagi ka nang naging napakatapat, nang may malaking pagmamahal sa Akin, ngunit nagdurusa ka ng pagpapahirap ng sakit, ng kasalatan sa buhay, at ng pang-iiwan ng iyong mga kaibigan at kamag-anak, o kung nagtitiis ka ng anumang iba pang mga kasawian sa buhay, magpapatuloy pa rin ba ang iyong katapatan at pagmamahal sa Akin?
6. Kung wala sa anumang naguni-guni mo sa puso mo ang tumutugma sa kung ano ang nagawa Ko, paano ka lalakad sa landas mo sa hinaharap?
7. Kung hindi mo natatanggap ang alinman sa mga bagay na inasahan mong matanggap, makakapagpatuloy ka bang maging tagasunod Ko?
8. Kung hindi mo kailanman naunawaan ang layunin at kabuluhan ng gawain Ko, magiging isa ka bang masunuring taong hindi basta-basta gumagawa ng mga paghatol at mga konklusyon?
9. Mapapahalagahan mo ba ang lahat ng salitang sinabi Ko at lahat ng gawaing ginawa Ko habang kasama Ko ang sangkatauhan?
10. Kaya mo bang maging matapat Kong tagasunod, nakahandang magdusa para sa Akin habambuhay, kahit na hindi ka tumatanggap ng anumang bagay?
11. Alang-alang sa Akin, kaya mo bang hindi magsaalang-alang, magplano, o maghanda para sa iyong landas ng pananatiling buhay sa hinaharap?

Kinakatawan ng mga tanong na ito ang Aking mga pangwakas na kinakailangan sa inyo, at inaasahan Kong lahat kayo ay makakatugon sa Akin. Kung nagampanan mo na ang isa o dalawang bagay na hinihingi sa iyo ng mga katanungang ito, kinakailangan mo pa ring ipagpatuloy ang paggawa nang masigasig. Kung hindi mo kayang tuparin ni isa sa mga kinakailangang ito, tiyak na ikaw ang uri ng taong itatapon sa impiyerno. Wala Akong kailangang sabihing anumang karagdagan pa sa ganoong mga tao, sapagkat sila ay tiyak na hindi mga tao na kayang maging kaayon Ko. Paano Ko pananatilihin sa tahanan Ko ang isang taong maaaring magtaksil sa Akin sa anumang pagkakataon? Pagdating naman sa mga yaong maaari pa ring magtaksil sa Akin sa karamihan ng mga pagkakataon, pagmamasdan Ko ang kanilang pagganap bago gumawa ng ibang mga pagsasaayos. Subalit, ang lahat ng may kakayahang magtaksil sa Akin, sa ilalim ng anumang kundisyon, hindi Ko kailanman kakalimutan; aalalahanin Ko sila sa Aking

puso, at maghihintay Ako ng pagkakataong suklian ang masasama nilang gawa. Ang mga kinakailangang nabanggit Ko ay lahat mga problemang dapat ninyong siyasatin sa inyong mga sarili. Inaasahan Kong kaya ninyong lahat na seryosong isaalang-alang ang mga ito at hindi Ako pakitunguhan nang basta-basta. Sa nalalapit na hinaharap, ikukumpara Ko ang mga sagot na ibinigay ninyo sa Akin sa mga kinakailangan Ko. Sa panahong iyon, hindi na Ako mangangailangan pa ng anumang bagay mula sa inyo at hindi na magbibigay pa sa inyo ng marubdob na pagpapaalala. Sa halip, gagamitin Ko ang awtoridad Ko. Yaong mga dapat panatiliin ay pananatiliin, yaong mga dapat gantimpalaan ay gagantimpalaan, yaong mga dapat ibigay kay Satanas ay ibibigay kay Satanas, yaong mga dapat parusahan nang mabigat ay parurusahan nang mabigat, at yaong mga dapat mamatay ay wawasakin. Sa ganoong paraan, hindi na magkakaroon ng sinumang gagambala sa Akin sa mga araw Ko. Naniniwala ka ba sa mga salita Ko? Naniniwala ka ba sa paghihiganti? Naniniwala ka bang parurusahan Kong lahat yaong masasama na nanlilinlang at nagtataksil sa Akin? Hinihiling mo bang dumating ang araw na iyon nang mas maaga o nang mas huli? Isa ka bang taong takot na takot sa kaparusahan, o isang lalaban sa Akin kahit pa magtiis sila ng kaparusahan? Kapag dumating ang araw na iyon, naguguni-guni mo ba kung mamumuhay ka sa gitna ng mga kasiyahan at tawanan, o kung iiyak ka at magngangalit ang mga ngipin mo? Anong uri ng katapusan ang nais mong magkaroon ka? Kailanman ba'y seryoso mo nang naisaalang-alang kung naniniwala ka sa Akin nang isandaang porsiyento o nagdududa sa Akin nang isandaang porsiyento? Kailanman ba ay maingat mo nang naisaalang-alang kung anong uri ng mga kahihinatnan at kalalabasan ang idudulot sa iyo ng mga pagkilos at pag-uugali mo? Talaga bang umaasa kang matutupad isa-isa ang lahat ng salita Ko, o takot na takot ka bang matutupad isa-isa ang mga salita Ko? Kung umaasa kang aalis Ako sa lalong madaling panahon upang tuparin ang mga salita Ko, paano mo dapat tratuhin ang sarili mong mga salita at mga pagkilos? Kung hindi ka umaasa sa paglisan Ko at hindi umaasa na matutupad kaagad ang lahat ng salita Ko, bakit ka pa naniniwala sa Akin? Talaga bang alam mo kung bakit ka sumusunod sa Akin? Kung ang dahilan mo ay upang palawakin lamang ang naaabot ng iyong paningin, hindi mo kinakailangang magpakahirap pa. Kung ito ay upang pagpalain ka at makaiwas sa parating na sakuna, bakit hindi ka nag-aalala sa sarili mong pag-uugali? Bakit hindi mo tinatanong ang sarili mo kung matutugunan mo ba ang mga kinakailangan Ko? Bakit hindi mo rin tinatanong ang sarili mo kung karapat-dapat ka bang tumanggap ng mga darating na pagpapala?

Dapat Ninyong Isaalang-alang ang Inyong mga Gawa

Ang bawat ginagawa at ikinikilos ninyo sa buhay ay nagpapakita na kailangan ninyong matustusan ng sipi ng Aking salita araw-araw upang muli kayong mapunan, dahil kayo ay masyadong nagkukulang, at ang inyong kaalaman at kakayahan upang makatanggap ay masyadong kakaunti. Sa inyong araw-araw na pamumuhay, nakatira kayo sa isang kapaligiran at kalagayan na walang katotohanan o mabuting katinuan. Kulang kayo sa puhunan para mabuhay at walang batayan upang makilala Ako o ang katotohanan. Ang inyong pananampalataya ay itinayo lamang sa isang di-malinaw at mahirap unawain na pananampalataya o sa mga ritwal ng relihiyon at kaalamang lubos na batay sa doktrina. Araw-araw Kong minamasdan ang inyong mga pagkilos, sinusuri ang inyong mga intensyon at masamang bunga, at hindi Ako kailanman nakatagpo ni isang tao na totoong inilagay ang kanyang puso at espiritu sa Aking altar, na hindi kailanman matitinag. Samakatuwid, hindi Ko nais na sayangin ang oras sa pagbuhos ng lahat ng salita na nais Kong ipahayag sa ganitong uri ng sangkatauhan; ang tanging plano sa Aking puso ay para sa hindi Ko pa natatapos na gawain at para sa bahagi ng sangkatauhan na hindi Ko pa naliligtas. Gayon pa man, nais Ko para sa lahat ng sumusunod sa Akin na makatanggap ng Aking pagliligtas at ng mga katotohanan na ipinagkakaloob sa tao ng Aking salita. Umaasa Ako na isang araw, kapag isinara mo ang inyong mga mata, makikita mo ang isang lupain kung saan pinupuno ng samyo ang hangin at ang mga batis ng buhay na tubig ay dumadaloy—hindi isang mundong walang sigla at malamig, kung saan dinudungisan ng madidilim na ulap ang kalangitan at ang mga alulong ay hindi kailanman nagwawakas.

Sa bawat araw, ang mga gawa at saloobin ng bawat isang tao ay nakikita ng mga mata Niya, kasabay nito, sila ay naghahanda para sa kanilang sariling kinabukasan. Ito ang landas na dapat tahakin ng lahat ng nabubuhay at ito ang Aking itinalaga para sa lahat. Walang sinumang makatatakas dito at walang palalagpasin. Walang bilang ang mga salitang Aking binanggit, at ang gawaing Aking ginagawa ay hindi masusukat. Araw-araw, Ako ay nagmamatyag habang ang bawat tao ay natural na tinutupad ang lahat ng dapat niyang gawin alinsunod sa kanyang angking kalikasan at sa paglago ng kanyang kalikasan. Nang hindi namamalayan, marami nang tumahak sa “tamang landas,” na Aking itinalaga para sa paghahayag ng iba’t ibang uri ng tao. Nailagay Ko na ang bawat uri ng tao sa iba’t ibang mga kapaligiran, at sa kani-kanilang mga lugar, ang bawat isa ay naghahayag ng kanyang mga likas na katangian. Walang sinuman ang gumagapos sa kanila, wala ni isa mang umaakit sa kanila. Sila ay malaya sa kanilang kabuuan at ang kanilang ipinapahayag ay natural na nagaganap. Mayroon lamang isang bagay na nagpapanatili sa kanila, at iyon ang Aking mga salita. Sa gayon, ang ilang tao ay binabasa ang Aking mga salita nang may sama ng loob, hindi kailanman isinasagawa ang mga ito, ginagawa lamang upang maiwasan ang kamatayan. Samantalang ang iba ay nahihirapang tiisin ang mga araw na wala ang Aking mga salita para gabayan at

matustusan sila, kaya natural nilang pinanghahawakan ang Aking mga salita sa lahat ng oras. Sa paglipas ng panahon, natutuklasan nila ang lihim ng buhay ng tao, ang hantungan ng sangkatauhan, at ang halaga ng pagiging tao. Ganito talaga ang sangkatauhan sa presensiya ng Aking mga salita, at hinahayaan Ko lang ang mga pangyayari na tahakin ang natural nitong landas. Wala Akong ginagawang anumang gawain upang pilitin ang tao na gawing pundasyon ng kanilang pag-iral ang Aking mga salita. Kung kaya't ang mga taong hindi kailanman nagkaroon ng konsensya o iyong ang pag-iral ay hindi kailanman nagkaroon ng halaga, ay buong tapang na isinasantabi ang Aking mga salita at gumagawa ng anumang naisin nila matapos ang tahimik na pagmamasid sa mga nangyayari. Nagsisimula silang kapootan ang katotohanan at ang lahat ng nagmumula sa Akin. Bukod dito, kinapopootan nila ang pamamalagi sa Aking tahanan. Ang mga taong ito ay pansamantalang nanunuluyan sa loob ng Aking tahanan para sa kapakanan ng kanilang hantungan at upang makatakas sa kaparusahan, kahit na sila ay naglilingkod. Ngunit hindi kailanman nagbabago ang kanilang mga layunin, maging ang kanilang mga pagkilos. Higit pa nitong hinihikayat ang kanilang pagnanais para sa mga pagpapala, at pinalalakas ang kanilang pagnanais na makapasok sa Aking kaharian nang isang beses at manatili rito nang walang hanggan—kahit na ang makapasok sa langit na walang hanggan. Habang lalo pa nilang hinahangad na mas mapabilis ang pagdating ng Aking araw, mas lalo nilang nararamdaman na naging isang balakid ang katotohanan, isang sagabal sa kanilang daan. Hindi na sila makapaghintay na tumapak sa kaharian upang maranasan magpakailanman ang mga biyaya ng kaharian ng langit, nang hindi nangangailangang hanapin ang katotohanan o tanggapin ang paghatol at pagkastigo, at higit sa lahat, nang hindi nangangailangang gumapang sa loob ng Aking tahanan at sumunod sa Aking mga utos. Ang mga taong ito ay pumapasok sa Aking bahay hindi upang tuparin ang pagnanais ng kanilang puso na hanapin ang katotohanan o kaya ay makipagtulungan sa Aking pamamahala. Naglalayon lamang silang maging isa sa mga taong hindi wawasakin sa susunod na kapanahunan. Kung kaya't hindi kailanman nalaman ng kanilang mga puso kung ano ang katotohanan o kung paano tanggapin ang katotohanan. Ito ang dahilan kung bakit ang ganitong uri ng tao ay hindi kailanman isinagawa ang katotohanan o nakaunawa sa matinding lalim ng kanilang katiwalian, at sa kabila nito ay nakatira sa Aking tahanan bilang “tagapaglingkod” hanggang sa wakas. Sila ay “matiyagang” naghihintay sa pagdating ng Aking araw, at walang kapaguran kahit nalilito na sila sa paraan ng Aking gawain. Subalit gaano man kadakila ang kanilang naging pagsisikap o anuman ang halaga na kanilang ibinayad, walang sinumang nakakita na sila ay nagdusa para sa katotohanan o nagsakripisyo para sa Akin. Sa kanilang mga puso, hindi nila kayang hintayin na makita ang araw na wawakasan Ko ang lumang kapanahunan, at bukod pa rito, hindi sila makapaghintay na malaman kung gaano kadakila ang Aking kapangyarihan at awtoridad. Ang hindi nila minadaling gawin ay ang baguhin ang kanilang sarili at hangarin ang katotohanan. Mahal nila ang kinaaayawan Ko, at

kinaaayawan nila ang minamahal Ko. Kinasasabikan nila ang bagay na kinapopootan Ko, ngunit natatakot silang mawala ang mga bagay na Aking kinasusuklaman. Nakatira sila sa masamang mundong ito nang hindi kailanman nasuklam dito, gayunman ay natatakot nang masidhi na ito ay Aking wawasakin. Sa kabila ng kanilang nagsasalungat na intensiyon, mahal nila ang mundong ito na Aking kinapopootan, ngunit hinahangad din nila na wasakin Ko ito sa lalong madaling panahon, upang sila ay makaiwas sa paghihirap na dala ng pagkawasak at maging mga panginoon sa susunod na kapanahunan, bago pa sila malihis mula sa tunay na daan. Ito ay dahil hindi nila minamahal ang katotohanan at nagsasawa na sa lahat ng nanggagaling sa Akin. Marahil sila ay magiging “masunuring tao” sa maikling panahon para lamang hindi mawalan ng mga pagpapala, ngunit ang kanilang pagkabahala na makatanggap ng pagpapala at ang kanilang takot na mapahamak at papasukin sa lawa ng nagniningas na apoy ay hindi kailanman maitatago. Habang papalapit ang Aking araw, lalong lumalakas ang kanilang pagnanais. At habang lumalaki ang kalamidad, mas lalo silang walang magawa, hindi alam kung saan magsisimula upang mapasaya Ako at upang maiwasang mawalan ng mga pagpapala na matagal nilang inasam-asam. Kapag nag-umpisang kumilos ang Aking kamay, ang mga taong ito ay sabik gumawa ng pagkilos upang maglingkod bilang pamunuan. Ang iniisip lamang nila ay ang lumusob sa pinakaunahang linya ng mga hukbo, sa labis na takot na hindi Ko sila makikita. Ginagawa at sinasabi nila ang sa palagay nila ay tama, nang hindi kailanman nalalaman na ang kanilang mga gawa at kilos ay hindi kailanman nauugnay sa katotohanan, at ang kanilang ginagawa ay sumisira at gumagambala lamang sa Aking mga plano. Bagama’t gumawa sila ng malaking pagsisikap at maaaring naging totoo sa kanilang kagustuhan at layuning tiisin ang mga paghihirap, ngunit wala sa ginagawa nila ang may kinalaman sa Akin, dahil hindi Ko kailanman nakitang nagmula sa mabuting layunin ang kanilang mga gawa, at mas lalo Ko silang hindi nakitang naglagay ng anumang bagay sa Aking altar. Ganyan ang kanilang mga gawa sa Aking harapan sa loob ng maraming taon.

Sa simula, ninais Kong bigyan kayo ng mas marami pang katotohanan, ngunit kinailangan Ko itong ihinto dahil ang inyong saloobin sa katotohanan ay masyadong malamig at walang pagpapahalaga; hindi Ko nais na masayang ang Aking mga pagsisikap, at hindi Ko rin nais makita na pinanghahawakan ng mga tao ang Aking mga salita ngunit sa lahat ng bagay ay ginagawa nila kung ano ang lumalaban sa Akin, sumisira sa Aking pangalan, at lumalapastangan sa Akin. Dahil sa inyong mga saloobin at katauhan, binibigyan Ko lamang kayo ng maliit na bahagi, na para sa inyo ay napakahalagang bahagi ng Aking mga salita, na nagsisilbing pagsubok Ko sa sangkatauhan. Ngayon Ko lamang tunay na nakumpirma na ang mga desisyon at planong ginawa Ko ay akma sa inyong mga pangangailangan, at bukod dito, ang Aking saloobin sa sangkatauhan ay tama. Ang inyong mga ikinilos sa Aking presensiya sa loob ng maraming taon ay nagbigay sa Akin ng kasagutan na wala pang naging katulad sa nagdaan, at ang tanong sa sagot na ito ay: “Ano ang saloobin ng tao sa harap ng katotohanan at sa tunay na

Diyos?” Ang mga pagsisikap na ibinuhos Ko sa tao ay nagpapatunay ng Aking diwa ng pagmamahal sa tao, at ang lahat ng ginawa ng tao sa Aking presensiya ay nagpapatunay ng kanyang diwa ng pagkamuhi sa katotohanan at pagsalungat sa Akin. Sa lahat ng panahon, Ako ay nag-aalala sa lahat ng sumusunod sa Akin, ngunit walang panahon na ang mga taong sumunod sa Akin ay nakayanang tumanggap ng Aking mga salita; maging ang Aking mga mungkahi ay hindi nila natatanggap. Ito ang nagpapalungkot sa Akin nang higit sa lahat. Walang sinuman ang kayang makaunawa sa Akin at, higit pa rito, walang sinumang nakatanggap sa Akin, kahit pa ang Aking saloobin ay matapat at ang Aking mga salita ay malumanay. Sinusubukan ng bawat isa na gawin ang gawaing ipinagkatiwala Ko sa kanila alinsunod sa kanilang sariling mga ideya; hindi nila inaalam ang Aking mga layunin, at lalong hindi nila itinatanong kung ano ang hinihingi Ko sa kanila. Sinasabi pa rin nilang naglilingkod sila nang tapat sa Akin, habang silang lahat ay naghihimagsik laban sa Akin. Marami ang naniniwala na ang mga katotohanan na hindi katanggap-tanggap sa kanila o hindi nila kayang isagawa ay hindi mga katotohanan. Sa ganitong uri ng mga tao, ang Aking mga katotohanan ay nagiging bagay na pinasisinungalingan at isinasaisang-tabi. Kasabay nito, kinikilala Ako ng mga tao bilang Diyos sa salita, ngunit naniniwala din sila na Ako ay isang tagalabas na hindi ang katotohanan, ang daan, o ang buhay. Walang nakaaalam sa katotohanang ito: Ang Aking mga salita ay ang katotohanang hindi magbabago kailanman. Ako ang tagapagbigay ng buhay para sa tao at ang tanging gabay para sa sangkatauhan. Ang halaga at kahulugan ng Aking mga salita ay hindi itinatakda ng pagkilala o pagtanggap ng sangkatauhan, kundi ng mismong diwa ng mga salita. Kahit na wala ni isang tao sa daigdig na ito ang makatanggap ng Aking mga salita, ang halaga ng Aking mga salita at ang tulong ng mga ito sa sangkatauhan ay hindi masusukat ng sinumang tao. Samakatuwid, kapag nahaharap sa maraming tao na naghihimagsik, nagpapabulaan, o lubos na nanglailait sa Aking mga salita, ang Aking paninindigan ay ito lamang: Hayaan ang panahon at katunayan na maging saksi Ko at magpakita na ang Aking mga salita ang katotohanan, ang daan, at ang buhay. Hayaang ipakita ng mga ito na ang lahat ng Aking sinabi ay tama, at iyon ang dapat na maipagkaloob sa tao, at, higit pa rito, ito ang dapat tanggapin ng tao. Hahayaan Ko ang lahat ng sumusunod sa Akin na malaman ang katunayang ito: Ang mga hindi kayang tumanggap nang lubos sa Aking mga salita, ang mga hindi kayang isagawa ang Aking mga salita, ang mga hindi makahanap ng layunin sa Aking mga salita, at ang mga hindi tumanggap ng kaligtasan dahil sa Aking mga salita, ay ang mga taong nakondena ng Aking mga salita at, bukod dito, nawalan ng Aking kaligtasan, at hindi kailanman malilihis ang Aking tungkod sa kanila.

Abril 16, 2003

Diyos ang Pinagmulan ng Buhay ng Tao

Sa sandaling isilang kang umiiyak sa mundong ito, sinisimulan mong gampanan ang iyong tungkulin. Para sa plano ng Diyos at sa Kanyang ordinasyon, ginagampanan mo ang iyong papel at sinisimulan ang iyong paglalakbay sa buhay. Anuman ang iyong pinagmulan, at anumang paglalakbay ang nasa iyong harapan, walang makakaiwas sa mga pangangasiwa at pagsasaayos ng Langit, at walang sinumang may kontrol sa sarili nilang tadhana, dahil Siya lamang na namumuno sa lahat ng bagay ang may kakayahang gawin iyon. Mula nang umiral ang tao, iyon na ang ginagawa ng Diyos, pinamamahalaan ang sansinukob, pinangangasiwaan ang mga panuntunan ng pagbabago para sa lahat ng bagay at kung paano gagalaw ang mga ito. Tulad ng lahat ng bagay, tahimik at hindi alam ng tao na pinalulusog siya ng tamis at ulan at hamog mula sa Diyos; tulad ng lahat ng bagay, hindi alam ng tao na nabubuhay siya sa ilalim ng pangangasiwa ng kamay ng Diyos. Ang puso't espiritu ng tao ay nasa kamay ng Diyos, lahat ng tungkol sa buhay niya ay namamasdan ng mga mata ng Diyos. Naniniwala ka man dito o hindi, anuman at lahat ng bagay, buhay man o patay, ay lilipat, magbabago, mapapanibago, at maglalaho alinsunod sa mga iniisip ng Diyos. Ganito pinamumunuan ng Diyos ang lahat ng bagay.

Habang tahimik na sumasapit ang gabi, walang malay ang tao, dahil hindi mahiwatigan ng kanyang puso kung paano sumasapit ang dilim, ni kung saan ito nagmumula. Habang tahimik na lumilipas ang gabi, sinasalubong ng tao ang liwanag ng araw, ngunit tungkol sa kung saan nagmula ang liwanag, at kung paano nito naitaboy na ang dilim ng gabi, mas hindi ito alam ng tao, at lalong wala siyang malay ryan. Ang paulit-ulit na pagsasalitan ng araw at gabi ay dinadala ang tao mula sa isang panahon tungo sa isa pa, mula sa isang konteksto ng kasaysayan tungo sa sumunod, habang tinitiyak din na ang gawain ng Diyos sa bawat panahon at ang Kanyang plano para sa bawat kapanahunan ay isinasagawa. Naraan na ng tao ang mga panahong ito na kasama ang Diyos, ngunit hindi niya alam na ang Diyos ang namumuno sa tadhana ng lahat ng bagay at buhay na nilalang, ni kung paano pinangangasiwaan at pinamamahalaan ng Diyos ang lahat ng bagay. Naging mailap ito sa tao noon pa man hanggang ngayon. Bakit? Hindi dahil tagung-tago ang mga gawa ng Diyos, ni dahil kailangan pang maisakatuparan ang Kanyang plano, kundi dahil napakalayo ng puso't espiritu ng tao sa Diyos, hanggang sa puntong patuloy pa ring nagsisilbi ang tao kay Satanas kahit sinusunod niya ang Diyos—at hindi pa rin niya alam iyon. Walang sinumang aktibong naghahanap sa mga yapak at pagpapakita ng Diyos, at walang sinumang handang mabuhay sa pangangalaga at pagkalinga ng Diyos. Sa halip, nais nilang umasa sa paninira ni Satanas, ang diyablo, para makaangkop sa mundong ito, at sa mga patakaran ng buhay na sinusunod ng masamang sangkatauhan. Sa puntong ito, ang puso't espiritu ng tao ay naging parangal na niya kay Satanas at siyang bumubuhay rito. Higit pa rito, ang puso't espiritu ng tao ay naging lugar na kung saan si Satanas ay makakapanirahan at naging akmang palaruan niya ito. Sa gayon hindi alam ng tao na nawawala ang kanyang pag-unawa sa mga

prinsipyo ng pagiging tao, at ang halaga at kahulugan ng pag-iral ng tao. Ang mga batas ng Diyos at ang tipan sa pagitan ng Diyos at ng tao ay unti-unting naglalaho sa puso ng tao, at tumitigil siya sa paghahanap o pakikinig sa Diyos. Sa paglipas ng panahon, hindi na nauunawaan ng tao kung bakit siya nilikha ng Diyos, ni hindi niya nauunawaan ang mga salitang nagmumula sa bibig ng Diyos at lahat ng nagmumula sa Diyos. Sa gayo'y nagsisimula ang tao na labanan ang mga batas at atas ng Diyos, at nagiging manhid ang kanyang puso't espiritu.... Nawawala sa Diyos ang tao na orihinal Niyang nilikha, at nawawala sa tao ang ugat na orihinal niyang taglay: Ito ang pighati ng sangkatauhang ito. Sa katunayan, mula sa pinakasimula hanggang ngayon, nagsaayos na ng isang trahedya ang Diyos para sa sangkatauhan, kung saan ang tao ay kapwa bida at biktima. At walang makasagot kung sino ang direktor ng trahedyang ito.

Sa kalawakan ng mundo, umaapaw ang karagatan hanggang sa kaparangan, tumatabon ang kaparangan sa karagatan, nang paulit-ulit. Maliban sa Kanya na namumuno sa bawat bagay sa lahat ng bagay, walang sinumang may kakayahang umakay at gumabay sa sangkatauhan. Walang sinumang makapangyarihang magtatrabaho o maghahanda para sa sangkatauhang ito, lalo nang walang sinumang makakaakay sa sangkatauhang ito tungo sa hantungang liwanag at magpapalaya rito mula sa mga kawalan ng katarungan sa mundo. Nananangis ang Diyos sa hinaharap ng sangkatauhan, nagdadalamhati sa pagbagsak ng sangkatauhan, at nasasaktan dahil naglalakad ang sangkatauhan, nang dahan-dahan, patungo sa pagkabulok at sa landas na wala nang balikan. Wala pang nakakaisip kung saan ang maaaring patunguhan ng gayong sangkatauhan na bumigo sa puso ng Diyos at nagtakwil sa Kanya para hanapin ang diyablo. Ito mismo ang dahilan kung bakit walang nakadarama sa galit ng Diyos, kung bakit walang naghahanap ng paraan para mapalugod Siya o nagsisikap na mapalapit sa Kanya, at bukod pa ryan, kung bakit walang naghahangad na maunawaan ang Kanyang dalamhati at pasakit. Kahit matapos marinig ang tinig ng Diyos, patuloy na tumatahak ang tao sa sarili niyang landas, pilit na lumalayo sa Diyos, umiiwas sa biyaya at kalinga ng Diyos, at lumalayo sa Kanyang katotohanan, mas ginugustong ibenta ang kanyang sarili kay Satanas, ang kaaway ng Diyos. At sino na ang nakapag-isip—dapat bang ipilit ng tao ang katigasan ng kanyang ulo—tungkol sa kung paano kikilos ang Diyos sa sangkatauhang ito na nagpaalis na sa Kanya nang hindi man lang lumilingon? Walang nakakaalam na ang dahilan ng paulit-ulit na mga paalala't pangaral ng Diyos ay dahil inihanda na Niya sa Kanyang mga kamay ang isang walang-katulad na kalamidad, yaong hindi kakayanin ng katawan at kaluluwa ng tao. Ang kalamidad na ito ay hindi lamang isang kaparusahan sa katawan, kundi pati na rin sa kaluluwa. Kailangan mong malaman ito: Kapag nabigo ang plano ng Diyos, at kapag walang tumugon sa Kanyang mga paalala at pangaral, anong klaseng galit ang Kanyang ipamamalas? Isang bagay ito na hindi pa nararanasan o naririnig ng sinumang nilalang. Kaya sinasabi Ko, ang kalamidad na ito ay walang katulad, at hindi na mauulit kailanman. Sapagkat ang plano ng Diyos ay minsan lamang likhain ang tao, at minsan lamang iligtas ang sangkatauhan. Ito ang unang pagkakataon,

at ito rin ang huli. Samakatuwid, walang makakaunawa sa matitiyagang layunin at taimtim na pag-asam ng Diyos na iligtas ang sangkatauhan sa pagkakataong ito.

Nilikha ng Diyos ang mundong ito at dinala ang tao, isang nabubuhay na nilalang na pinagkalooban Niya ng buhay. Sumunod, nagkaroon ng mga magulang at kamag-anak ang tao, at hindi na nag-iisa. Mula nang unang makita ng tao ang materyal na mundong ito, itinadhana siyang mabuhay sa loob ng ordinasyon ng Diyos. Ang hininga ng buhay mula sa Diyos ang sumusuporta sa bawat nabubuhay na nilalang sa kanyang paglaki hanggang sa kanyang pagtanda. Sa prosesong ito, walang nakadarama na lumalaki ang tao sa ilalim ng pangangalaga ng Diyos; sa halip, naniniwala sila na lumalaki siya sa ilalim ng mapagmahal na pangangalaga ng kanyang mga magulang, at na ang likas na pag-uugali niya sa buhay ang gumagabay sa kanyang paglaki. Ito ay dahil hindi alam ng tao kung sino ang nagkaloob ng buhay niya, o kung saan ito nanggaling, lalo nang hindi niya alam kung paano lumilikha ng mga himala ang likas na pag-uugali niya sa buhay. Ang alam lang niya ay na pagkain ang saligan ng pagpapatuloy ng buhay, na pagtitiyaga ang pinagmumulan ng kanyang pag-iral, at na mga paniniwala sa kanyang isipan ang puhunan kung saan nakadepende ang kanyang pananatiling buhay. Tungkol sa biyaya at panustos ng Diyos, walang anumang naaalala ang tao, kaya nga inaaksaya niya ang buhay na ipinagkaloob sa kanya ng Diyos.... Wala ni isa sa sangkatauhang ito na pinangangalagaan ng Diyos gabi't araw ang nagkukusang sambahin Siya. Patuloy lang ang Diyos sa paghubog sa tao, nang walang anumang inaasahan, tulad ng naplano na Niya. Ginagawa Niya iyon sa pag-asang balang araw, magigising ang tao mula sa kanyang panaginip at biglang matatanto ang halaga at kahulugan ng buhay, ang halagang katumbas ng lahat ng naibigay ng Diyos sa kanya, at ang sabik na kahilingan ng Diyos na bumalik ang tao sa Kanya. Wala pang sinumang sumuri sa mga lihim ng pamamahala sa pinagmulan at pagpapatuloy ng buhay ng tao. Diyos lamang, na nakauunawa sa lahat ng ito, ang tahimik na nagtitiis ng pasakit at mga dagok na ibinibigay ng tao, na nakatanggap ng lahat mula sa Diyos ngunit hindi nagpapasalamat. Natural lang na tinatamasa ng tao ang lahat ng idinudulot ng buhay, at, gayundin, "natural lang" na ang Diyos ay ipinagkanulo, kinalimutan, at hinuthutan ng tao. Gayon kaya talaga kahalaga ang plano ng Diyos? Gayon kaya talaga kahalaga ang tao, ang buhay na nilalang na ito na nagmula sa kamay ng Diyos? Ang plano ng Diyos ay siguradong mahalaga; gayunman, ang buhay na nilalang na ito na nilikha ng kamay ng Diyos ay nabubuhay para sa kapakanan ng Kanyang plano. Samakatuwid, hindi puwedeng sayangin ng Diyos ang Kanyang plano dahil sa galit sa sangkatauhang ito. Para sa kapakanan ng Kanyang plano at para sa hiningang inilabas Niya kaya tinitii ng Diyos ang lahat ng hirap, hindi para sa katawan ng tao kundi para sa buhay ng tao. Ginagawa Niya iyon para mabawi hindi ang katawan ng tao kundi ang buhay na inihinga Niya. Ito ang Kanyang plano.

Lahat ng dumarating sa mundong ito ay kailangang magdaan sa buhay at kamatayan, at karamihan sa kanila ay nagdaan na sa paulit-ulit na kamatayan at muling

pagsilang. Yaong mga nabubuhay ay malapit nang mamatay, at ang patay ay malapit nang magbalik. Lahat ng ito ay ang landas ng buhay na isinaayos ng Diyos para sa bawat buhay na nilalang. Ngunit ang landas at siklong ito ay ang katotohanan na mismong nais ng Diyos na makita ng tao: na ang buhay na ipinagkaloob ng Diyos sa tao ay walang hanggan, hindi mapipigilan ng katawan, panahon, o kalawakan. Ito ang hiwaga ng buhay na ipinagkaloob ng Diyos sa tao, at patunay na ang buhay ay nagmula sa Kanya. Bagama't maaaring maraming hindi naniniwala na ang buhay ay nagmula sa Diyos, hindi maiiwasan na temasahin ng tao ang lahat ng nagmumula sa Diyos, naniniwala man sila o hindi sa Kanyang pag-iral. Kung sakaling dumating ang araw na biglang magbago ang puso ng Diyos at naisin Niyang bawiin ang lahat ng umiiral sa mundo at ang buhay na naibigay Niya, mawawala na ang lahat. Ginagamit ng Diyos ang Kanyang buhay para tustusan ang lahat ng bagay, kapwa buhay at walang buhay, na dinadala ang lahat sa magandang kaayusan sa bisa ng Kanyang kapangyarihan at awtoridad. Ito ay isang katotohanan na walang makakaisip o makakaunawa, at ang mga katotohanang hindi maunawaan ang siya mismong pagpapakita, at katibayan, ng puwersa ng buhay ng Diyos. Ngayong may lihim Akong sasabihin sa iyo: Ang kadakilaan at kapangyarihan ng buhay ng Diyos ay di-maarok ng sinumang nilalang. Gayon ito ngayon, tulad noon, at magkakagayon pagdating ng panahon. Ang pangalawang lihim na sasabihin Ko ay ito: Ang pinagmumulan ng buhay ng lahat ng nilikha ay ang Diyos, gaano man ang kanilang pagkakaiba sa anyo o kayarian; ano mang uri ka ng buhay na nilalang, hindi ka maaaring sumalungat sa landas ng buhay na itinakda ng Diyos. Gayunman, ang nais Ko lang ay maunawaan ito ng tao: Kung walang pangangalaga, pag-iingat, at panustos ng Diyos, hindi matatanggap ng tao ang lahat ng dapat niyang matanggap, gaano man katindi ang kanyang pagsisikap o pagpupunyagi. Kung wala ang panustos ng buhay mula sa Diyos, nawawalan ng pagpapahalaga ang tao sa buhay at ng diwa ng kahulugan ng buhay. Paano matutulutan ng Diyos na sayangin ng tao ang halaga ng Kanyang buhay, na walang inaalala? At tulad ng nasabi Ko dati: Huwag kalimutan na ang Diyos ang pinagmumulan ng iyong buhay. Kapag nabigo ang tao na itangi ang lahat ng naipagkaloob ng Diyos, hindi lamang babawiin ng Diyos ang ibinigay Niya sa simula, kundi ay pagbabayaran Niya ang tao nang doble ng halaga ng lahat ng naibigay Niya.

Mayo 26, 2003

Ang Hinagpis ng Makapangyarihan sa Lahat

May napakalaking lihim sa iyong puso, na hindi mo kailanman namamalayan, dahil ikaw ay nabubuhay sa isang mundo na walang liwanag. Ang iyong puso at ang iyong espiritu ay natangay na ng masama. Ang iyong mga mata ay nalambungan na ng kadiliman, at hindi mo na nakikita ang araw sa himpapawid ni ang kumikislap na bituing yaon sa

gabi. Ang iyong mga tainga ay nababarahan na ng mapanlinlang na mga salita, at hindi mo naririnig ang dumadagundong na tinig ni Jehova, ni ang lagaslas ng tubig na dumadaloy mula sa trono. Nawala sa iyo ang lahat ng dapat na pag-aari mo, lahat ng ipinagkaloob sa iyo ng Makapangyarihan sa lahat. Nakapasok ka sa walang katapusang dagat ng kapighatian, na walang lakas upang sagipin ang iyong sarili, walang pag-asang makaligtas, at ang tanging magagawa mo ay manlaban at magmadali.... Mula sa sandaling iyon, ikaw ay itinadhana nang pahirapan ng masama, napakalayo sa mga pagpapala ng Makapangyarihan sa lahat, hindi na abot ng mga panustos ng Makapangyarihan sa lahat, tumatahak sa landas na wala nang pabalik. Milyon mang pagtawag ay hindi na kayang pukawin ang iyong puso at iyong espiritu. Mahimbing kang natutulog sa mga kamay ng masama, na nakaakit sa iyong pumasok sa isang walang-hangganang kinasasaklawan na walang direksyon o mga palatandaan sa daang pabalik. Simula noon, nawala na sa iyo ang kawalang-muwang at kadalisayang likas mong tinaglay, at nagsimula nang layuan ang pangangalaga ng Makapangyarihan sa lahat. Sa kaibuturan ng iyong puso, ang masama na ang nagpapatakbo ng iyong buhay sa lahat ng bagay at naging iyong buhay. Hindi mo na siya kinatatakutan, iniwasan, o pinagdududahan; sa halip itinuturing mo siya na Diyos ng iyong puso. Sinisimulan mo na siyang idambana at sambahin, at kayong dalawa ay hindi na mapaghiwalay pa na parang anino ng bawat isa, matibay ang pangakong mabubuhay at mamamatay nang magkasama. Wala kang ideya kung saan ka nagmula, kung bakit ka isinilang, o kung bakit ka mamamatay. Hindi mo na kilala Ang Makapangyarihan sa lahat; hindi mo alam ang Kanyang pinagmulan; lalong hindi mo alam ang lahat ng nagawa Niya para sa iyo. Lahat ng nagmula sa Kanya ay naging kamuhi-muhi na sa iyo; hindi mo ito minamahal ni nalalaman ang halaga nito. Kasama mo ang masama, sa simula pa lang na itaguyod ka ng Makapangyarihan sa lahat. Natagalan mo ang libu-libong taon ng bagyo at unos kasama ang masama, at magkatulong kayo sa pagsalungat sa Diyos na pinagmulan ng buhay mo. Wala kang alam sa pagsisisi, lalo na ngayong humantong ka na sa bingit ng kapahamakan. Nakalimutan mo na ang masama ang tumutukso at nagpapahirap sa iyo; nakalimutan mo na ang iyong mga pinagsimulan. Dahil diyan, napapahirapan ka ng masama sa bawat sandali hanggang sa ngayon. Namanhid na at nabulok ang iyong puso at espiritu. Hindi mo na idinaraing ang pagdurusa sa mundo ng tao; hindi ka na naniniwala na hindi makatarungan ang mundo. Wala ka nang pakialam kung mayroon nga bang Makapangyarihan sa lahat. Ito ay dahil matagal mo nang itinuring ang diyablo bilang iyong tunay na ama at hindi maaaring mawalay sa kanya. Ito ang lihim ng iyong puso.

Sa pagdating ng buwang-liwayway, isang tala sa umaga ang nagsisimulang sumikat sa silangan. Ito ang tala na wala dati roon. Pinagliliwanag nito ang kalangitang tahimik at puno ng bituin, pinagdiringas na muli ang napawing liwanag sa puso ng mga tao. Ang mga tao ay hindi na malungkot dahil sa liwanag na ito, na sumisikat para sa iyo at sa ibang tao. Subalit tanging ikaw lamang ang nananatiling natutulog nang mahimbing sa madilim na gabi. Wala kang naririnig na tunog at walang nakikitang liwanag; hindi mo

namamalayan ang pagdating ng isang bagong langit at isang bagong lupa, ng isang bagong kapanahunan, dahil sinasabi ng iyong ama, “Anak ko, huwag kang bumangon, maaga pa. Malamig ang panahon, kaya huwag kang lumabas, baka matusok ng tabak at espada ang iyong mga mata.” Naniniwala ka lamang sa pangaral ng iyong ama, dahil naniniwala ka na ang ama mo lamang ang tama, dahil ang iyong ama ay nakatatanda sa iyo at lubos kang minamahal. Ang ganitong mga pangaral at pagmamahal ang nag-uudyok sa iyo na huwag nang paniwalaan ang alamat na may liwanag sa sanlibutan; ayaw na nitong alamin mo pa kung may umiiral pa bang katotohanan sa mundong ito. Hindi ka na umaasang masasagip pa ng Makapangyarihan sa lahat. Kontento ka na sa kasalukuyang kalagayan, hindi mo na inaasam ang pagdating ng liwanag, hindi mo na minamatyagan ang pagdating ng Makapangyarihan sa lahat tulad nang inilahad sa alamat. Para sa iyo, lahat ng maganda ay hindi na maibabalik, hindi na ito iiral. Sa iyong mga mata, ang kinabukasan at hinaharap ng sangkatauhan ay basta na lamang naglalaho, nawawala. Kumakapit ka nang mahigpit sa kasuotan ng iyong ama nang buong lakas mo, handang makibahagi sa kanyang pagdurusa, takot na takot maglakbay nang mag-isa at walang direksyon sa mahabang paglalakbay. Ang malawak at makulimlim na mundo ng mga tao ay nakagawa sa marami sa inyo na matatag at walang takot sa pagganap sa iba’t ibang papel sa mundong ito. Lumikha ito ng maraming “mandirigma” na hindi takot mamatay. Higit pa riyan, nakakagawa ito ng napakaraming pangkat ng manhid at paralisadong mga tao na hindi alam ang layunin ng paglikha sa kanila. Sinusuri ng mga mata ng Makapangyarihan sa lahat ang bawat tao na lubhang nahihirapan. Ang naririnig Niya ay ang panaghoy ng mga nagdurusa, ang nakikita Niya ay ang kawalan ng hiya ng mga nahihirapan, at ang nadarama Niya ay ang kawalan ng magagawa at pangamba ng sangkatauhan na nawalan ng biyaya ng kaligtasan. Tinatanggihan ng sangkatauhan ang Kanyang malasakit, pinipili nilang lumakad sa sarili nilang landas, at sinusubukan nilang iwasan ang panunuri ng Kanyang mga mata, at mas gusto pa nilang namnamin ang kapaitan ng malalim na dagat sa piling ng kaaway, hanggang sa huling patak. Hindi na naririnig ng sangkatauhan ang hinagpis ng Makapangyarihan sa lahat; ayaw nang haplusin ng mga kamay ng Makapangyarihan sa lahat ang kaawa-awang sangkatauhang ito. Paulit-ulit Siyang nakakabawi, at paulit-ulit Siyang natatalong muli, at sa gayo’y nauulit ang gawaing Kanyang ginagawa. Mula sa sandaling iyon, nagsisimula Siyang mapagod, mabagot, kaya nga itinitigil Niya ang Kanyang ginagawa at hindi na nakikihalubilo sa gitna ng mga tao.... Walang kamalay-malay ang sangkatauhan sa anuman sa mga pagbabagong ito, sa pagdating at pag-alis, sa kalungkutan at kapanglawan ng Makapangyarihan sa lahat.

Lahat ng bagay sa mundong ito ay mabilis na nagbabago kasabay ng mga iniisip ng Makapangyarihan sa lahat at habang Siya’y nakamasid. Biglang dumarating ang mga bagay na kailanma’y hindi pa naririnig ng sangkatauhan, samantalang hindi nila alam na ang mga bagay na matagal na nilang taglay ay unti-unting naglalaho. Walang nakakaarok sa kinaroroonan ng Makapangyarihan sa lahat, lalo nang walang nakakaramdam sa

kahusayan at kadakilaan ng Kanyang puwersa ng buhay. Siya ay walang-katulad dahil nadarama Niya ang hindi nadarama ng mga tao. Siya ay dakila dahil Siya Yaong tinatalikuran ng sangkatauhan subalit inililigtas Niya sila. Alam Niya ang kahulugan ng buhay at kamatayan, at higit pa ryan, alam Niya ang mga kautusan sa pag-iral na dapat sundin ng sangkatauhan, na nilikha. Siya ang pundasyon ng pag-iral ng tao, at Siya ang Manunubos na muling binubuhay na mag-uli ang sangkatauhan. Pinalulumbay Niya ang masasayang puso gamit ang kalungkutan at pinasisigla ang malulungkot na puso gamit ang kaligayahan, lahat alang-alang sa Kanyang gawain, at alang-alang sa Kanyang plano.

Ang sangkatauhan, na lumayo mula sa panustos ng buhay ng Makapangyarihan sa lahat, ay hindi nakakaalam kung bakit sila nilikha, subalit takot pa rin sa kamatayan. Wala silang tulong o suporta, ngunit atubili pa ring ipikit ang kanilang mga mata, at determinadong mamuhay nang walang dangal sa mundong ito, mga sako ng laman na hindi nararamdaman ang kanilang sariling kaluluwa. Sa ganitong paraan ka namumuhay, walang pag-asa, walang layunin na tulad ng iba. Tanging ang Banal na Isa ng alamat ang magliligtas sa mga tao, na habang nananaghoy sa kanilang pagdurusa, ay lubhang umaasam sa Kanyang pagdating. Sa ngayon, ang gayong paniniwala ay hindi pa rin nagaganap sa mga yaong walang kamalayan. Gayunpaman, patuloy pa ring inaasam ito ng mga tao. Ang Makapangyarihan ay may habag sa mga taong ito na nagdurusa nang labis; kasabay nito, nanghihinawa na Siya sa mga taong ito na walang kamalayan, dahil kinailangan Niyang maghintay ng sagot sa napakatagal na panahon mula sa mga tao. Hangad Niyang maghanap, hanapin ang iyong puso at ang iyong espiritu, bigyan ka ng tubig at pagkain upang gisingin ka, upang hindi ka na mauhaw at magutom. Kapag pagod ka na at nararamdaman ang labis na kapanglawan ng mundong ito, huwag magulumihan, huwag manangis. Tatanggapin ng Makapangyarihang Diyos, ang Tagapagbantay, ang iyong pagdating anumang oras. Siya ay lagi sa iyong tabi upang bantayan ka, naghihintay sa iyong pagbabalik. Hinihintay Niya ang araw na biglang babalik ang iyong alaala: na matatanto mo na ikaw ay nagmula sa Diyos, at minsa'y nawalan ka ng direksyon, at minsa'y nawalan ka ng malay sa daan at minsa'y nagkaroon ng “ama,” at na iyong matatanto, bukod pa ryan, na ang Makapangyarihan sa lahat ay laging nagbabantay, naghihintay nang napakatagal na panahon sa iyong pagbabalik. Noon pa man ay binabantayan ka at lubhang umaasam, naghihintay ng tugon na walang kasagutan. Ang Kanyang pagmamasid at paghihintay ay hindi matutumbasan, at ang mga ito ay para sa kapakanan ng puso at espiritu ng tao. Marahil ang pagmamasid at paghihintay na ito ay walang tiyak na katapusan, at marahil ang mga ito ay malapit nang magwakas. Ngunit dapat mong malaman kung saan talaga naroroon ang iyong puso at espiritu sa mismong sandaling ito.

Mayo 28, 2003

Ang Sampung Atas Administratibo na Dapat Sundin ng Hinirang na Bayan ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian

1. Hindi dapat ipagmalaki ng tao ang kanyang sarili, ni itaas ang kanyang sarili. Dapat niyang sambahin at dakilain ang Diyos.

2. Gawin mo ang lahat ng bagay na kapaki-pakinabang sa gawain ng Diyos at hindi ang anumang nakasasama sa kapakanan ng gawain ng Diyos. Ipagtanggol mo ang pangalan ng Diyos, ang patotoo ng Diyos, at ang gawain ng Diyos.

3. Ang pera, materyal na mga bagay, at lahat ng ari-arian sa sambahayan ng Diyos ang mga handog na dapat ibigay ng tao. Walang sinumang maaaring magtamasa ng mga handog na ito kundi ang pari at ang Diyos, sapagkat ang mga handog ng tao ay para sa kaluguran ng Diyos. Ibinabahagi lamang ng Diyos ang mga handog na ito sa pari, at wala nang iba pang kwalipikado o nararapat na magtamasa ng anumang bahagi ng mga iyon. Lahat ng handog ng tao (pati na ang pera at mga materyal na bagay na maaaring matamasa) ay ibinibigay sa Diyos, hindi sa tao. Kaya nga, ang mga bagay na ito ay hindi dapat tamasahin ng tao; kung tatamasahin ng tao ang mga ito, magnanakaw siya ng mga handog. Sinumang gumagawa nito ay isang Judas, sapagkat, bukod pa sa pagiging traydor, kinuha rin ni Judas ang nakalagay sa supot ng pera.

4. Ang tao ay may tiwaling disposisyon at, bukod pa rito, siya ay nagtataglay ng damdamin. Dahil dito, talagang ipinagbabawal sa dalawang kasaping magkaiba ang kasarian na magsama sa gawain nang walang kasama habang naglilingkod sa Diyos. Sinumang matuklasan na gumagawa nito ay ititiwalag, nang walang pagtatangi.

5. Huwag mong husgahan ang Diyos, ni basta-bastang talakayin ang mga bagay na may kaugnayan sa Diyos. Gawin mo ang nararapat gawin ng tao, at magsalita kung paano dapat magsalita ang tao, at huwag kang lumampas sa iyong mga limitasyon ni lumabag sa iyong mga hangganan. Bantayan mo ang iyong sariling pananalita at mag-ingat kung saan ka tumatapak, upang maiwasan mo ang paggawa ng anumang bagay na lalabag sa disposisyon ng Diyos.

6. Gawin mo iyong nararapat gawin ng tao, at isakatuparan ang iyong mga obligasyon, at tuparin ang iyong mga responsibilidad, at manangan sa iyong tungkulin. Yamang nananalig ka sa Diyos, dapat kang gumawa ng iyong kontribusyon sa gawain ng Diyos; kung hindi, hindi ka karapat-dapat na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos, at hindi ka karapat-dapat na manirahan sa sambahayan ng Diyos.

7. Sa gawain at mga usapin ng iglesia, bukod pa sa pagsunod sa Diyos, dapat mong sundin ang mga tagubilin ng tao na ginagamit ng Banal na Espiritu sa lahat ng bagay. Kahit ang pinakamaliit na pagsuway ay hindi katanggap-tanggap. Kailangan mong maging ganap sa iyong pagsunod, at huwag mong suriin ang tama o mali; anuman ang tama o mali ay walang kinalaman sa iyo. Ganap na pagsunod lamang ang iyong dapat alalahanin.

8. Ang mga taong nananalig sa Diyos ay dapat sumunod sa Diyos at sumamba sa Kanya. Huwag mong dakilain o tingalain ang sinumang tao; huwag ilagay sa una ang Diyos, ipangalawa ang mga tao na iyong tinitingala, at ipangatlo ang iyong sarili. Walang sinumang dapat magkaroon ng lugar sa iyong puso, at hindi mo dapat isaalang-alang ang mga tao—lalo na ang iyong mga iginagalang—na kapareho ng Diyos, na Kanyang kapantay. Hindi ito katanggap-tanggap para sa Diyos.

9. Panatilihin mong nasa gawain ng iglesia ang iyong pag-iisip. Isantabi mo ang mga inaasam ng iyong sariling laman, maging desidido ka tungkol sa mga usaping pampamilya, buong-puso mong ialay ang iyong sarili sa gawain ng Diyos, at unahin mo ang gawain ng Diyos at ipangalawa ang iyong sariling buhay. Ito ang kagandahang-asal ng isang banal.

10. Ang kaanak na iba ang pananampalataya (ang iyong mga anak, ang iyong asawa, iyong mga kapatid o magulang, at iba pa) ay hindi dapat piliting sumapi sa iglesia. Ang sambahayan ng Diyos ay hindi kulang sa mga kasapi, at hindi kailangang pataasin ang bilang nito ng mga taong walang silbi. Hindi na dapat akayin sa iglesia ang lahat ng hindi malugod na nananalig. Ang kautusang ito ay para sa lahat ng tao. Dapat ninyong siyasatin, subaybayan at paalalahanan ang isa't isa sa bagay na ito, at walang sinumang maaaring lumabag dito. Kahit atubiling pumapasok nga sa iglesia ang kaanak na iba ang pananampalataya, huwag silang bigyan ng mga aklat o ng bagong pangalan; ang gayong mga tao ay hindi bahagi ng sambahayan ng Diyos, at kailangang patigilin ang pagpasok nila sa iglesia sa anumang paraang kinakailangan. Kung may gulong nadala sa iglesia dahil sa paglusob ng mga demonyo, ikaw mismo ay ititiwalag o paghihigpitan. Sa madaling salita, lahat ay may responsibilidad sa bagay na ito, ngunit hindi ka rin dapat magpadalus-dalos, ni gamitin ito para lutasin ang mga personal mong atraso.

Apendise 1

Ang Pagpapakita ng Diyos ay Naghatid ng Isang Bagong Kapanahunan

Ang anim-na-libong-taong plano ng pamamahala ng Diyos ay malapit na sa pagtatapos, at ang tarangkahan ng kaharian ay nabuksan na para sa lahat niyaong naghahanap ng Kanyang pagpapakita. Minamahal na mga kapatid, ano pa ang hinihintay ninyo? Ano ang hinahanap ninyo? Kayo ba ay naghihintay sa pagpapakita ng Diyos? Hinahanap ba ninyo ang Kanyang mga yapak? Talagang dapat kapanabikan ang pagpapakita ng Diyos! At talagang napakahirap masumpungan ang mga yapak ng Diyos! Sa kapanahunang tulad ngayon, sa mundong tulad nito, ano ang nararapat nating gawin upang masaksihan ang araw ng pagpapakita ng Diyos? Ano ang nararapat nating gawin upang makasabay sa mga yapak ng Diyos? Ang mga katanungang ganito ay kinakaharap ng lahat niyaong naghihintay na magpakita ang Diyos. Naisip na ninyo itong lahat nang hindi lamang miminsan—nguni't ano ang kinalabasan? Saan nagpapakita ang Diyos? Nasaan ang mga yapak ng Diyos? Nakuha na ba ninyo ang sagot? Maraming tao ang sasagot nang ganito: “Ang Diyos ay nagpapakita sa gitna niyaong mga sumusunod sa Kanya at ang Kanyang mga yapak ay nasa ating kalagitnaan; ganyan lamang kapayak!” Kahit sino ay makapagbibigay ng mala-pormulang sagot, nguni't naiintindihan ba ninyo kung ano ang kahulugan ng pagpapakita ng Diyos o ng Kanyang mga yapak? Ang pagpapakita ng Diyos ay tumutukoy sa Kanyang pagdating sa lupa upang gawin ang Kanyang gawain nang personal. Dala ang Kanyang sariling pagkakakilanlan at disposisyon, at sa pamamaraang likas sa Kanya, Siya ay bumababa sa sangkatauhan upang isakatuparan ang gawain ng pagsisimula ng isang kapanahunan at pagwawakas ng isang kapanahunan. Ang ganitong uri ng pagpapakita ay hindi isang klase ng seremonya. Ito ay hindi isang tanda, isang larawan, isang himala, o isang uri ng malaking pangitain, at lalong hindi ito isang prosesong pangrelihiyon. Ito ay isang tunay at aktwal na katunayan na nahihipo at nakikita ng sinuman. Ang ganitong uri ng pagpapakita ay hindi upang kumilos nang wala sa loob, o para sa anumang pangmadaliang pagsasagawa; sa halip, ito ay para sa isang yugto ng gawain sa Kanyang plano ng pamamahala. Ang pagpapakita ng Diyos ay laging makabuluhan at laging nagtataglay ng ilang kaugnayan sa Kanyang plano ng pamamahala. Ang tinatawag na pagpapakita rito ay lubos na naiiba mula sa uri ng “pagpapakita” kung saan ang Diyos ay gumagabay, umaakay, at nagliliwanag sa tao. Isinasakatuparan ng Diyos ang isang yugto ng Kanyang dakilang gawain sa tuwing inihahayag Niya ang Sarili Niya. Ang gawaing ito ay naiiba mula sa gawain ng alinmang iba pang kapanahunan. Hindi ito kayang isipin ng tao, at hindi pa naranasan kailanman ng tao. Ito ay gawain na nagsisimula ng isang bagong kapanahunan at nagwawakas ng

lumang kapanahunan, at ito ay isang bago at pinahusay na uri ng gawain para sa kaligtasan ng sangkatauhan; bukod dito, ito ay gawain na nagdadala sa sangkatauhan sa bagong kapanahunan. Ito ang kahulugan ng pagpapakita ng Diyos.

Sa sandaling naunawaan na ninyo kung ano ang kahulugan ng pagpapakita ng Diyos, paano ninyo dapat hanapin ang mga yapak ng Diyos? Ang katanungang ito ay hindi mahirap ipaliwanag: Kung saan nagpapakita ang Diyos, masusumpungan ninyo roon ang Kanyang mga yapak. Tila napakadiretso ng ganitong paliwanag, nguni't hindi ito madali sa realidad, sapagka't maraming tao ang hindi nakakaalam kung saan nagpapakita ang Diyos, lalong hindi kung saan Niya nais, o kung saan Siya dapat, magpakita. Ang ilan ay pabigla-biglang naniniwala na kung saanman gumagawa ang Banal na Espiritu, doon nagpapakita ang Diyos. O kung hindi naman ay naniniwala sila na kung saanman mayroong mga espirituwal na tao, doon nagpapakita ang Diyos. O kung hindi naman ay naniniwala sila na kung saanman mayroong mga taong bantog, doon nagpapakita ang Diyos. Sa ngayon, isantabi natin kung tama man o mali ang gayong mga paniniwala. Upang ipaliwanag ang ganitong tanong, kailangan muna nating magkaroon ng isang malinaw na layunin: Hinahanap natin ang mga yapak ng Diyos. Hindi tayo naghahanap ng mga espirituwal na tao, lalong hindi natin hinahangad ang mga bantog; hinahangad natin ang mga yapak ng Diyos. Dahil dito, yamang hinahanap natin ang mga yapak ng Diyos, dapat nating hanapin ang kalooban ng Diyos, ang mga salita ng Diyos, ang mga pagpapahayag ng Diyos—sapagka't kung saanman naroon ang mga bagong salita na binibigkas ng Diyos, naroon ang tinig ng Diyos, at kung saanman naroon ang mga yapak ng Diyos, naroon ang mga gawa ng Diyos. Kung saanman naroon ang pagpapahayag ng Diyos, doon nagpapakita ang Diyos, at kung saanman nagpapakita ang Diyos, doon umiiral ang katotohanan, ang daan, at ang buhay. Sa paghahanap sa mga yapak ng Diyos, nabalewala na ninyo ang mga salitang “Ang Diyos ang katotohanan, ang daan, at ang buhay.” At kaya, maraming tao, kahit pa tumatanggap sila ng katotohanan, ang hindi naniniwala na nakita na nila ang mga yapak ng Diyos, at lalo nang hindi nila kinikilala ang pagpapakita ng Diyos. Napakatinding pagkakamali! Ang pagpapakita ng Diyos ay hindi maipagkakasundo sa mga kuru-kuro ng tao, at lalong hindi maaaring magpakita ang Diyos ayon sa utos ng tao. Ang Diyos ay gumagawa ng Kanyang sariling mga pagpapasya at Kanyang sariling mga plano kapag ginagawa Niya ang Kanyang gawain; bukod dito, Siya ay may sariling mga layunin, at sarili Niyang mga pamamaraan. Anupaman ang gawaing ginagawa Niya, hindi Niya kailangang talakayin ito sa tao o hingin ang payo nito, lalo na ang ipaalam sa bawat tao ang tungkol sa Kanyang gawain. Ito ang disposisyon ng Diyos, na dapat, higit pa rito, kilalanin ng lahat. Kung nais ninyong masaksihan ang pagpapakita ng Diyos, sundan ang mga yapak ng Diyos, kung gayon nararapat muna ninyong iwan ang inyong sariling mga kuru-kuro. Hindi mo dapat utusan ang Diyos na gawin ito o iyan, lalong hindi mo Siya dapat ikulong sa sarili mong mga hangganan at limitahan Siya sa sarili mong mga kuru-kuro. Sa halip, dapat ay inoobliga ninyo sa inyong mga sarili kung paano ninyo

dapat hanapin ang mga yapak ng Diyos, kung paano ninyo dapat tanggapin ang pagpapakita ng Diyos, at kung paano kayo dapat magpasailalim sa bagong gawain ng Diyos: Ito ang dapat na gawin ng tao. Dahil ang tao ay hindi ang katotohanan, at hindi nagtataglay ng katotohanan, dapat siyang maghanap, tumanggap, at sumunod.

Ikaw man ay isang Amerikano, Ingles, o anumang iba pang lahi, dapat kang humakbang palabas ng mga hangganan ng iyong sariling lahi, nang hinihigitan ang iyong sarili, at tingnan ang gawain ng Diyos mula sa estado ng isang nilalang. Sa ganitong paraan, hindi ka maglalagay ng mga hangganan sa mga yapak ng Diyos. Ito ay dahil, ngayon, maraming tao ang nag-iisip na imposibleng magpapakita ang Diyos sa isang partikular na bansa o sa gitna ng partikular na mga tao. Napakalalim ng kabuluhan ng gawain ng Diyos, at napakahalaga ng pagpapakita ng Diyos! Paano masusukat ang mga ito ng mga kuru-kuro at pag-iisip ng tao? At kaya sinasabi Ko, dapat kang kumawala sa iyong mga kuru-kuro tungkol sa lahi o katutubong pinagmulan upang hanapin ang pagpapakita ng Diyos. Sa ganitong paraan ka lamang hindi masisikil ng sarili mong mga kuru-kuro; sa ganitong paraan ka lamang magiging karapat-dapat na salubungin ang pagpapakita ng Diyos. Kung hindi, mananatili ka sa walang-hanggang kadiliman, at hindi kailanman makakamtan ang pagsang-ayon ng Diyos.

Ang Diyos ay ang Diyos ng buong lahi ng tao. Hindi Niya itinuturing ang Sarili Niya bilang pribadong pag-aari ng anumang bansa o lahi, kundi ginagawa ang Kanyang gawain nang ayon sa Kanyang plano, nang hindi nalilimitahan ng anumang anyo, bansa, o lahi. Marahil hindi mo kailanman naisip ang anyong ito, o marahil pagtangga ang iyong saloobin sa anyong ito, o marahil ang bansa kung saan inihahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili at ang mga tao kung kanino Niya inihahayag ang Kanyang Sarili ay nagkataon lamang na hindi makatarungan kung itrato ng lahat at nagkataon lamang na ang pinakapaurong sa lupa. Nguni't ang Diyos ay taglay ang Kanyang karunungan. Sa Kanyang dakilang kapangyarihan at sa pamamagitan ng Kanyang katotohanan at Kanyang disposisyon, tunay na nakamit na Niya ang isang grupo ng mga tao na kaisa Niya sa pag-iisip, at ang isang grupo ng mga tao na nais Niyang gawing ganap—isang grupong nalupig Niya, na, dahil natiis na ang lahat ng uri ng mga pagsubok at mga kapighatian at lahat ng uri ng pag-uusig, ay makakasunod sa Kanya hanggang sa katapus-tapusan. Ang layunin ng pagpapakita ng Diyos, na hindi limitado sa anumang anyo o bansa, ay ang matapos Niya ang Kanyang gawain alinsunod sa Kanyang plano. Gaya lamang ito nang ang Diyos ay nagkatawang-tao sa Judea: ang Kanyang pakay ay tapusin ang gawain ng pagpapapako sa krus upang tubusin ang buong sangkatauhan. Nguni't naniwala ang mga Hudyo na imposibleng magawa ito ng Diyos, at inisip nila na imposibleng magiging tao ang Diyos sa anyo ng Panginoong Jesus. Ang kanilang “imposible” ang naging batayan ng kanilang pagkondena at paglaban sa Diyos, at sa kahuli-hulihan ay humantong sa pagkawasak ng Israel. Ngayon, maraming tao ang nakagawa na ng parehong pagkakamali. Buong-kalakasan nilang ipinahahayag ang nalalapit na pagpapakita ng Diyos, nguni't kasabay nito ay kinokondena nila ang Kanyang pagpapakita;

ang kanilang “imposible” ang muling nagkukulong sa pagpapakita ng Diyos sa loob ng mga hangganan ng kanilang imahinasyon. At sa gayon nakita Ko na ang maraming tao na bumulalas sa pagtawa matapos matagpuan ang mga salita ng Diyos. Nguni’t hindi ba ang pagtawang ito ay walang ipinagkaiba sa pagkondena at paglapastangan ng mga Hudyo? Hindi kayo nagpipitagan sa presensya ng katotohanan, lalong hindi ninyo taglay ang saloobing naghahangad. Ang ginagawa lamang ninyo ay nagsusuri nang walang pakundangan at walang-pakialam na naghihintay lamang. Ano ang mapapala ninyo sa pagsusuri at paghihintay nang ganito? Inaakala ba ninyong tatanggap kayo ng personal na patnubay mula sa Diyos? Kung hindi mo mahiwatigan ang mga pagpapahayag ng Diyos, paano ka magiging karapat-dapat na saksi ang pagpapakita ng Diyos? Kung saanman nagpapakita ang Diyos, doon ipinapahayag ang katotohanan, at magiging naroon ang tinig ng Diyos. Tanging iyong mga makakatanggap sa katotohanan ang makaririnig sa tinig ng Diyos, at tanging ang mga ganitong tao ang karapat-dapat na makasaksi sa pagpapakita ng Diyos. Pakawalan mo ang iyong mga kuru-kuro! Tumahimik ka at basahing mabuti ang mga salitang ito. Kung naghahangad ka sa katotohanan, liliwanagan ka ng Diyos at mauunawaan mo ang Kanyang kalooban at Kanyang mga salita. Pakawalan ninyo ang inyong mga pananaw tungkol sa “imposible”! Habang lalong naniniwala ang mga tao na imposible ang isang bagay, mas lalong maaari itong mangyari, sapagka’t ang karunungan ng Diyos ay mas mataas pa sa mga kalangitan, ang mga iniisip ng Diyos ay higit pa sa mga iniisip ng tao, at ang gawain ng Diyos ay lampas sa mga hangganan ng pag-iisip at mga kuru-kuro ng tao. Habang mas imposible ang isang bagay, lalong higit na mayroon itong katotohanang mahahanap; habang mas lampas sa mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao ang isang bagay, lalong higit na ito ay naglalaman ng kalooban ng Diyos. Ito ay dahil, kahit saan pa Niya ipinakikita ang Sarili Niya, ang Diyos ay nananatiling Diyos, at ang Kanyang diwa ay hindi kailanman magbabago dahil lamang sa lugar o paraan ng Kanyang pagpapakita. Ang disposisyon ng Diyos ay nananatiling pareho saanman naroon ang Kanyang mga yapak, at nasaan man ang mga yapak ng Diyos, Siya ay ang Diyos ng buong sangkatauhan, gaya ng ang Panginoong Jesus ay hindi lamang ang Diyos ng mga Israelita, kundi ang Diyos din ng lahat ng tao sa Asya, Europa, at Amerika, at higit pa rito ay ang nag-iisa at natatanging Diyos ng buong sansinukob. Kaya hanapin natin ang kalooban ng Diyos at tuklasin ang Kanyang pagpapakita mula sa Kanyang mga pagpapahayag, at sabayan ang Kanyang mga yapak! Ang Diyos ang katotohanan, ang daan, at ang buhay. Ang Kanyang mga salita at ang Kanyang pagpapakita ay sabay na umiiral, at ang Kanyang disposisyon at mga yapak ay bukas sa sangkatauhan sa lahat ng sandali. Minamahal na mga kapatid, umaasa Akong makikita ninyo ang pagpapakita ng Diyos sa mga salitang ito, uumpisahan ninyong sundan ang Kanyang mga yapak sa paghakbang ninyo tungo sa isang bagong kapanahunan, at papasok kayo sa magandang bagong langit at lupa na naihandang na ng Diyos para sa mga naghihintay sa Kanyang pagpapakita!

Apendise 2

Ang Diyos ang Namumuno sa Kapalaran ng Buong Sangkatauhan

Bilang mga miyembro ng sangkatauhan at tapat na mga Kristiyano, pananagutan at obligasyon nating lahat na ialay ang ating isipan at katawan para sa katuparan ng tagubilin ng Diyos, dahil ang ating buong pagkatao ay nagmula sa Diyos, at ito ay umiiral salamat sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Kung ang mga isipan at katawan natin ay hindi para sa tagubilin ng Diyos at hindi para sa matuwid na kapakanan ng sangkatauhan, ang ating mga kaluluwa'y makakaramdam ng pagiging hindi karapat-dapat sa mga taong naging martir para sa tagubilin ng Diyos, at mas hindi karapat-dapat sa Diyos, na naglaan sa atin ng lahat ng bagay.

Nilikha ng Diyos ang mundong ito, nilikha Niya ang sangkatauhang ito, at bukod dito, Siya ang arkitekto ng sinaunang kulturang Griyego at sibilisasyon ng tao. Ang Diyos lamang ang umaaliw sa sangkatauhang ito, at ang Diyos lamang ang nagmamalasakit sa sangkatauhang ito gabi't araw. Ang pag-unlad at paglago ng tao ay hindi mapaghihiwalay mula sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, at ang kasaysayan at hinaharap ng sangkatauhan ay hindi mailalabas mula sa mga disenyo ng Diyos. Kung ikaw ay isang tunay na Kristiyano, ikaw ay tiyak na maniniwala na ang pagbangon at pagbagsak ng anumang bayan o bansa ay nangyayari ayon sa mga disenyo ng Diyos. Diyos lamang ang nakakaalam sa kapalaran ng isang bayan o bansa, at Diyos lamang ang namamahala sa landasin ng sangkatauhang ito. Kung ang sangkatauhan ay nais na magkaroon ng isang magandang kapalaran, kung ang isang bayan ay nais na magkaroon ng isang magandang kapalaran, ang tao ay dapat na yumuko sa Diyos sa pagsamba, magsisi at mangumpisal sa harap ng Diyos, at kung hindi, ang magiging kapalaran at hantungan ng tao ay isang hindi maiiwasang sakuna.

Magbalik-tanaw sa panahon ng arko ni Noe: Ang sangkatauhan ay lubhang tiwali, ang mga tao ay lumayo sa pagpapala ng Diyos, hindi na pinangangalagaan ng Diyos, at nawalan ng mga ipinangako ng Diyos. Sila ay nanirahan sa kadiliman, nang wala ang liwanag ng Diyos. Kaya sila ay naging likas na mahalay at hinayaan ang kanilang sarili na mauwi sa kakila-kilabot na kasamaan. Ang ganitong mga tao ay hindi na maaaring makatanggap ng pangako ng Diyos; hindi na nila karapat-dapat na masaksihan ang mukha ng Diyos, o kaya ay marinig ang tinig ng Diyos, sapagkat tinalikuran nila ang Diyos, isinantabi ang lahat ng Kanyang ipinagkaloob sa kanila, at kinalimutan ang mga turo ng Diyos. Ang kanilang puso ay lumihis papalayo nang papalayo mula sa Diyos, at dahil dito, sila ay naging ubod ng sama nang higit pa sa lahat ng katwiran at pagkatao, at lalo pang nagiging masama. Kaya sila ay naging mas malapit sa kamatayan at sumailalim sa poot at kaparusahan ng Diyos. Si Noe lamang ang sumamba sa Diyos at umiwas sa kasamaan, kung kaya't narinig niya ang tinig ng Diyos at ang Kanyang mga

tagubilin. Kanyang itinayo ang arko ayon sa mga tagubilin ng salita ng Diyos, at tinipon ang lahat ng uri ng buhay na nilalang. At sa ganitong paraan, nang maihanda na ang lahat ng bagay, pinakawalan ng Diyos ang Kanyang pagwasak sa mundo. Si Noe lamang at ang pitong miyembro ng kanyang pamilya ang nakaligtas sa pagkawasak, dahil sumamba si Noe kay Jehova at umiwas sa kasamaan.

Pagkatapos ay tumingin sa kasalukuyang panahon: Ang matuwid na tao na kagaya ni Noe, na kayang sumamba sa Diyos at umiwas sa kasamaan, ay hindi na umiiral. Ngunit ang Diyos ay nagpakita pa rin ng magandang-loob sa sangkatauhang ito, at pinawalang-sala pa rin sila sa huling panahong ito. Hinahanap ng Diyos ang mga taong nag-aasam na Siya'y magpakita. Hinahanap Niya sila na may-kakayahang makinig sa Kanyang mga salita, mga hindi nakalimot sa Kanyang atas, at naghahandog ng kanilang puso at katawan sa Kanya. Hinahanap Niya ang mga kasingmasunurin ng mga bata sa Kanyang harapan, at hindi Siya kakalabanin. Kung ilalaan mo ang iyong sarili sa Diyos, hindi nahahadlangan ng anumang kapangyarihan o puwersa, titingnan ka ng Diyos nang may pabor at ipagkakaloob sa iyo ang Kanyang mga pagpapala. Kung ikaw ay may mataas na katayuan, may marangal na reputasyon, may saganang kaalaman, nagmamay-ari ng napakaraming ari-arian, at suportado ng maraming tao, subalit hindi ka napipigilan ng mga bagay na ito na lumapit sa Diyos upang tanggapin ang Kanyang pagtawag at ang Kanyang atas, at gawin kung ano ang hinihingi ng Diyos sa iyo, ang lahat ng iyong ginagawa ay magiging pinakamakabuluhan sa lupa at pinakamatuwid na gawain ng sangkatauhan. Kung tatanggihan mo ang tawag ng Diyos para sa kapakanan ng katayuan at sarili mong mga mithiin, lahat ng iyong gagawin ay susumpain at kamumuhian pa ng Diyos. Maaaring ikaw ay isang presidente, isang siyentipiko, isang pastor, o isang nakatatandang pinuno, ngunit gaano pa man kataas ang iyong katungkulan, kung umaasa ka sa iyong kaalaman at kakayahan sa iyong mga ginagawa, ikaw ay palaging magiging bigo, at palaging mawawalan ng pagpapala ng Diyos, sapagkat hindi tinatanggap ng Diyos ang anumang ginagawa mo, at hindi Niya kinikilala na ang iyong ginagawa ay matuwid, o kaya ay tinatanggap na ikaw ay kumikilos para sa kapakinabangan ng sangkatauhan. Sasabihin Niya na ang lahat ng bagay na ginagawa mo ay para sa paggamit ng kaalaman at lakas ng sangkatauhan upang ilayo sa tao ang pag-iingat ng Diyos, at na ginagawa ito upang itatwa ang mga pagpapala ng Diyos. Sasabihin Niya na dinadala mo ang sangkatauhan patungo sa kadiliman, patungo sa kamatayan, at patungo sa simula ng isang pag-iral na walang limitasyon kung saan hindi matatagpuan ng tao ang Diyos at ang Kanyang pagpapala.

Mula nang unang magkaroon ang tao ng agham panlipunan, ang isip ng tao ay naging abala sa agham at kaalaman. Ang agham at kaalaman ay naging mga kagamitan para sa pamumuno ng sangkatauhan, at doon ay wala nang sapat na puwang para sa tao upang sambahin ang Diyos, at walang kanais-nais na mga kondisyon para sa pagsamba sa Diyos. Ang posisyon ng Diyos ay lumubog nang lalo pang mas mababa sa puso ng tao. Kung wala ang Diyos sa kanyang puso, ang panloob na mundo ng tao

ay madilim, walang pag-asa, at walang kabuluhan. Dahil dito, lumitaw ang maraming panlipunang siyentipiko, mananalaysay, at mga pulitiko upang magpahayag ng mga teorya ng agham panlipunan, teorya ng ebolusyon ng tao, at iba pang mga teorya na sumasalungat sa katotohanan na nilikha ng Diyos ang tao upang punuin ang puso at isip ng tao. At sa ganitong paraan, ang mga naniniwala na ang Diyos ang lumikha ng lahat ng bagay ay lalo pang nangaunti, at ang mga naniniwala sa teorya ng ebolusyon ay lalo pang dumami ang bilang. Parami nang parami ang mga tao na itinuturing ang mga talaan ng gawain ng Diyos at Kanyang mga salita sa kapanahunan ng Lumang Tipan bilang mga alamat at mga kathang-isip. Sa kanilang mga puso, ang mga tao ay nagwalang-bahala sa karangalan at kadakilaan ng Diyos, sa doktrina na ang Diyos ay umiiral at namamahala sa lahat ng bagay. Ang pagpapanatili ng sangkatauhan at ang kapalaran ng mga bayan at mga bansa ay hindi na mahalaga sa kanila. Nakatira ang tao sa isang walang kabuluhang mundo na ang iniintindi lamang ay pagkain, pag-inom, at ang paghahangad ng kasiyahan. ... lilang tao lang ang umaako sa paghanap kung saan kumikilos ngayon ang Diyos, o naghahanap kung paano Niya pinamumunuan at inaayos ang hantungan ng tao. At sa ganitong paraan, nang hindi namamalayan ng tao, ang sibilisasyon ng tao ay lalo pang nawawalan ng kakayahang tugunan ang mga kagustuhan ng tao, at maraming tao pa nga ang nakararamdam na, sa pamumuhay sa ganitong mundo, sila ay hindi gaanong masaya kung ihahambing sa mga taong yumao na. Maging ang mga tao ng mga dating napakaunlad na sibilisadong bayan ay nagpapahayag ng mga naturang hinaing. Sapagkat kung walang patnubay ng Diyos, gaano man pakaisipin ng mga pinuno at sosyolohista na maingat ang sibilisasyon ng tao, ito ay walang kabuluhan. Walang sinuman ang makapupuno ng kawalan sa puso ng tao, dahil walang sinuman ang maaaring maging buhay ng tao, at walang teoryang panlipunan ang maaaring magpalaya sa tao mula sa kawalan na nagpapahirap sa kanya. Agham, kaalaman, kalayaan, demokrasya, paglilibang, kaginhawahan, ang mga ito ay nagdadala lamang ng pansamantalang pahinga sa tao. Kahit na mayroong ganitong mga bagay, hindi pa rin maiwasan ng tao na magkasala at dumaing sa kawalang katarungan ng lipunan. Hindi mababawasan ng mga bagay na ito ang pagnanasa at hangarin ng tao na tumuklas. Sapagkat ang tao ay nilalang ng Diyos at ang walang katuturang mga sakripisyo at mga pagtuklas ng tao ay maaari lamang humantong sa mas marami pang pagdurusa at maaari lamang maging dahilan upang ang tao ay umiral sa hindi nagbabagong kalagayan ng pagkatakot, hindi nalalaman kung paano haharapin ang kinabukasan ng sangkatauhan, o kung paano haharapin ang landas sa hinaharap. Maging ang agham at kaalaman ay kinatatakutan ng tao, at higit na kakatakutan ang pakiramdam ng kawalan. Sa mundong ito, ikaw man ay nakatira sa isang malayang bayan o sa isang bayan na walang mga karapatang pantao, ikaw ay ganap na walang kakayahang takasan ang kapalaran ng sangkatauhan. Ikaw man ang pinuno o ang pinamumunuan, ikaw ay ganap na walang kakayahang takasan ang pagnanais na galugarin ang kapalaran, mga hiwaga, at hantungan ng sangkatauhan.

Mas lalo ka pang walang kakayahang takasan ang nakalilitong diwa ng kawalan. Ang ganitong mga pangyayari, na karaniwan sa buong sangkatauhan, ay tinatawag ng mga sosyologo na mga di-pangkaraniwang pangyayari sa lipunan, ngunit walang dakilang taong maaaring lumitaw upang lutasin ang naturang mga problema. Ang tao, kung sabagay, ay tao, at ang posisyon at buhay ng Diyos ay hindi mapapalitan ng sinumang tao. Ang sangkatauhan ay hindi lang basta nangangailangan ng isang makatarungang lipunan kung saan lahat ng tao ay kumakain nang sapat at pantay-pantay at malaya. Ang kailangan ng sangkatauhan ay ang kaligtasan ng Diyos at ang Kanyang pagbibigay ng buhay sa kanila. Kapag natatanggap ng tao ang ibinibigay na buhay ng Diyos at ang Kanyang kaligtasan, saka lamang malulutas ang mga pangangailangan, kasabikang tumuklas, at espirituwal na kawalan ng tao. Kung ang mga tao ng isang bayan o ng isang bansa ay hindi makatatanggap ng pagliligtas at pag-aalaga ng Diyos, tatahakin ng bansa o bayang iyon ang landas tungo sa pagdalisdis, patungo sa kadiliman, at lilipulin ito ng Diyos.

Marahil ang iyong bayan ay kasalukuyang umuunlad, ngunit kung pinapayagan mo ang iyong mga tao na lumihis papalayo sa Diyos, matatagpuan ang iyong bayan na unti-unting pinagkakaitan ng mga pagpapala ng Diyos. Ang sibilisasyon ng iyong bayan ay lalong tatapak-tapakan, at hindi magtatagal ang mga tao ay titindig laban sa Diyos at susumpain ang Langit. Kung kaya't, lingid sa kaalaman ng tao, ang kapalaran ng isang bayan ay mauuwi sa pagkawasak. Ang Diyos ay magbabangon ng mga makapangyarihang bayan upang harapin ang mga bayang naisumpa ng Diyos, at maaaring alisin pa nga ang mga ito sa ibabaw ng lupa. Ang pagbangon at pagbagsak ng isang bayan o bansa ay batay sa kung ang mga tagapamahala nito ay sumasamba sa Diyos, at kung inaakay nila ang kanilang mga tao na maging mas malapit sa Diyos at sambahin Siya. Gayunman, sa huling kapanahunang ito, dahil sa ang mga taong tunay na naghahangad at sumasamba sa Diyos ay mas lalong dumadalang, nagbibigay ang Diyos ng natatanging pabor sa mga bayan kung saan ang Kristiyanismo ay ang relihiyon ng estado. Tinitipon Niya ang mga bansang ito upang bumuo ng iilang matuwid na kampo sa mundo, habang ang mga bansang ateista at ang mga hindi sumasamba sa tunay na Diyos ay nagiging kalaban ng matuwid na kampo. Sa ganitong paraan, ang Diyos ay hindi lamang may isang lugar sa sangkatauhan kung saan Siya maaaring magsagawa ng Kanyang gawain, kundi may mga bayang nakakamtan na maaaring magpatupad ng matuwid na awtoridad, na magpapataw ng mga pagbabawal at paghihigpit sa mga bansang lumalaban sa Kanya. Ngunit sa kabila nito, wala pa ring mga tao na lumalapit upang sumamba sa Diyos, sapagkat ang tao ay lumihis nang napakalayo sa Kanya, at nakalimutan na ng tao ang Diyos sa loob ng matagal na panahon. Ang nanatili lamang sa lupa ay ang mga bayan na nagpapatupad ng katuwiran at lumalaban sa kawalan ng katuwiran. Ngunit ito ay malayo mula sa mga kagustuhan ng Diyos, sapagkat walang namumuno sa bayan ang papayagan ang Diyos na mamuno sa kanilang mga tao, at walang partidong pampulitika ang magtitipon ng kanyang mga tao upang sambahin ang Diyos; nawala ang Diyos sa Kanyang nararapat

na lugar sa puso ng bawat bayan, bansa, namumunong partido, at maging sa puso ng bawat tao. Kahit na umiiral ang matuwid na pwersa sa mundong ito, ang pamunuan kung saan ang Diyos ay walang lugar sa puso ng tao ay marupok. Kung wala ang pagpapala ng Diyos, ang larangan ng politika ay babagsak sa kaguluhan at hindi makakaya ang isang hagupit. Para sa sangkatauhan, ang kawalan ng pagpapala ng Diyos ay katulad ng kawalan ng araw. Gaano man kasipag ang mga namumuno na gumawa ng mga kontribusyon sa kanilang mga tao, walang pag-aalintana na kahit gaano karaming matuwid na pagpupulong ang isagawa ng sangkatauhan nang sama-sama, wala sa mga ito ang babaligtad sa alon o babago sa kapalaran ng sangkatauhan. Naniniwala ang tao na ang isang bayan kung saan ang mga tao ay pinapakain at dinaramitan, kung saan sila ay magkakasamang nabubuhay nang matiwasay, ay isang mahusay na bayan, at may mabuting pamunuan. Subalit hindi ito ang palagay ng Diyos. Siya ay naniniwala na ang isang bayan kung saan walang sinuman ang sumasamba sa Kanya ay dapat Niyang lipulin. Ang paraan ng pag-iisip ng tao ay labis na sumasalungat sa paraan ng pag-iisip ng Diyos. Dahil dito, kung ang pinuno ng isang bansa ay hindi sumasamba sa Diyos, ang kapalaran ng bansang ito ay magiging isang trahedya, at ang bansa ay walang patutunguhan.

Hindi nakikibahagi ang Diyos sa pulitika ng tao, gayon pa man ang kapalaran ng isang bayan o bansa ay pinamamahalaan ng Diyos. Pinamamahalaan ng Diyos ang mundong ito at ang buong sansinukob. Ang kapalaran ng tao at ang plano ng Diyos ay may malapit na ugnayan, at walang tao, bayan o bansa ang hindi saklaw ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Kung ang tao ay nais na malaman ang kanyang kapalaran, dapat siyang humarap sa Diyos. Pasasaganain ng Diyos ang mga sumusunod at sumasamba sa Kanya, at Siya'y magdadala ng pagbagsak at pagkalipol sa mga taong lalaban at tatanggi sa Kanya.

Alalahanin ang pangyayari sa Bibliya nang wasakin ng Diyos ang Sodom, at isipin din kung paano naging haligi ng asin ang asawa ni Lot. Gunitain kung paano nagsisi ang mga tao ng Ninive sa kanilang mga kasalanan na suot ang tela ng sako at abo, at gunitain kung ano ang sumunod matapos ipapako ng mga Hudyo si Jesus sa krus 2,000 taon na ang nakakaraan. Ang mga Hudyo ay pinatalsik mula sa Israel at tumakas patungo sa mga bayan sa buong mundo. Marami ang pinatay, at ang buong bansang Hudyo ay napasailalim sa wala pang katulad na pasakit dahil sa pagkalipol ng kanilang bansa. Ipinako nila ang Diyos sa krus—gumawa ng isang kahindik-hindik na kasalanan—at inudyukan ang disposisyon ng Diyos. Sila ay pinagbayad sa kanilang ginawa, ipinatiis sa kanila ang mga kinahinatnan ng kanilang mga pagkilos. Hinatulan nila ang Diyos, itinakwil ang Diyos, kung kaya't sila ay nagkaroon lamang ng isang kapalaran: ang maparusahan ng Diyos. Ito ang mapait na kinahinatnan at kapahamakan na dinala ng kanilang mga pinuno sa kanilang bayan at bansa.

Ngayon, ang Diyos ay bumalik sa mundo upang gawin ang Kanyang gawain. Ang Kanyang unang hinintuan ay ang halimbawa ng mga diktador na pamumuno: ang

China, ang matatag na baluarte ng ateismo. Nagkamit ang Diyos ng isang grupo ng mga tao sa pamamagitan ng Kanyang karunungan at kapangyarihan. Sa panahong iyon, Siya ay tinutugis ng namumunong partido ng China sa lahat ng paraan at sumailalim sa matinding pagdurusa, walang lugar sa pamamahinga ng Kanyang ulo at hindi makahanap ng sisilungan. Sa kabila nito, ipinagpapatuloy pa rin ng Diyos ang gawaing Kanyang binabalak: Binibigkas Niya ang Kanyang tinig at ipinapalaganap ang ebanghelyo. Walang sinuman ang makakaarok sa pagka-makapangyarihan sa lahat ng Diyos. Sa China, isang bansa na itinuturing ang Diyos bilang isang kaaway, ang Diyos ay hindi kailanman tumigil sa Kanyang gawain. Sa halip, mas maraming tao ang tumanggap ng Kanyang mga gawain at salita, dahil inililigtas ng Diyos ang bawat isang miyembro ng sangkatauhan hangga't maaari. Nagtitiwala kami na walang bansa o kapangyarihan ang maaaring pumigil sa kung ano ang nais ng Diyos na makamit. Ang mga humahadlang sa gawain ng Diyos, lumalaban sa salita ng Diyos at nanggugulo at sumisira sa plano ng Diyos ay parurusahan ng Diyos sa huli. Siya na lumalabag sa gawain ng Diyos ay ipadadala sa impierno; anumang bayan na sumusuway sa gawain ng Diyos ay wawasakin; anumang bansa na tumututol sa gawain ng Diyos ay mabubura sa daigdig na ito, at titigil sa pag-iral. Hinihikayat Ko ang mga tao ng lahat ng bansa, lahat ng bayan, at maging lahat ng industriya na makinig sa tinig ng Diyos, masdan ang gawain ng Diyos at bigyang-pansin ang kapalaran ng sangkatauhan, upang magawa ang Diyos na pinakabanal, pinaka-kagalang-galang, pinakamataas, at tanging pag-uukulan ng pagsamba ng sangkatauhan, at magbigay-daan sa buong sangkatauhan upang mamuhay sa ilalim ng pagpapala ng Diyos, tulad ng mga inapo ni Abraham na namuhay sa ilalim ng pangako ni Jehova, at tulad nina Adan at Eba, na orihinal na ginawa ng Diyos, na namuhay sa Hardin ng Eden.

Ang gawain ng Diyos ay sumusulong tulad ng rumaragasang alon. Walang sinuman ang maaaring pumigil sa Kanya, at wala ni isang maaaring magpahinto sa Kanyang mga yapak. Tanging ang mga taong nakikinig nang mabuti sa Kanyang mga salita, at mga taong naghahanap at nauuhaw sa Kanya, ang maaaring sumunod sa Kanyang mga yapak at makatanggap ng Kanyang pangako. Ang mga tao namang hindi ay sasailalim sa napakalaking kapahamakan at karapat-dapat sa kaparusahan.

Apendise 3

Maaari Lamang Maligtas ang Tao sa Gitna ng Pamamahala ng Diyos

Sa mga mata ng bawat tao, lubhang hindi pamilyar ang pamamahala ng Diyos dahil iniisip ng tao na ganap na walang kaugnayan sa kanila ang Kanyang pamamahala. Iniisip ng mga tao na ang pamamahala ng Diyos ay gawaing Kanya lamang mag-isa at na

Siya lamang ang may kinalaman doon—kaya nga walang malasakit ang sangkatauhan sa Kanyang pamamahala. Sa ganitong paraan, naging malabo at hindi maliwanag ang kaligtasan ng sangkatauhan, at ngayon ay hungkag na retorika lamang. Bagama't sumusunod ang tao sa Diyos upang matanggap ang kaligtasan at makapasok sa magandang hantungan, wala siyang pakialam kung paano ginagawa ng Diyos ang Kanyang gawain. Walang pakialam ang tao sa naip plano ng Diyos, ni sa bahaging kailangan niyang gampanan upang maligtas. Talagang kalunus-lunos ito. Ang kaligtasan ng tao ay hindi maihihiwalay sa pamamahala ng Diyos ni hindi maaaring ihiwalay mula sa Kanyang plano. Subalit hindi iniisip ng tao ang pamamahala ng Diyos, at sa gayon ay mas lalo siyang napapalayo sa Kanya. Nagsanhi ito ng pagdami ng mga taong ganap na walang kamalayan tungkol sa mga isyung lubhang nauugnay sa tanong tungkol sa kaligtasan—tulad ng ano ang paglikha, ano ang paniniwala sa Diyos, paano sumamba sa Diyos, at iba pa—upang makasama sa grupo ng Kanyang mga tagasunod. Dahil dito, kailangan natin ngayong talakayin ang pamamahala ng Diyos upang malinaw na maunawaan ng bawat isa sa Kanyang mga tagasunod ang kahulugan ng pagsunod at paniniwala sa Kanya. Ang paggawa nito ay makakatulong sa bawat tao na piliin nang mas tumpak ang landas na dapat nilang tahakin, sa halip na sundan ang Diyos para lamang magtamo ng mga pagpapala, o maiwasan ang mga sakuna, o mamukod-tangi sa iba.

Bagama't malalim ang pamamahala ng Diyos, kaya itong unawain ng tao. Ito ay dahil ang buong gawain ng Diyos ay konektado sa Kanyang pamamahala at sa Kanyang gawaing iligtas ang sangkatauhan, at patungkol sa buhay, pamumuhay, at hantungan ng sangkatauhan. Ang gawaing ginagawa ng Diyos sa gitna ng tao at sa tao ay masasabing napaka-praktikal at makahulugan. Maaari itong makita at maranasan ng tao, at hindi ito isang bagay na mahirap unawain. Kung hindi kaya ng tao na tanggapin ang lahat ng gawaing ginagawa ng Diyos, ano pa ang kabuluhan ng Kanyang gawain? At paano hahantong ang gayong pamamahala sa kaligtasan ng tao? Ang inaalala lamang ng maraming sumusunod sa Diyos ay kung paano magtamo ng mga pagpapala o umiwas sa sakuna. Sa sandaling nabanggit ang gawain at pamamahala ng Diyos, tumatahimik sila at nawawalan ng lahat ng interes. Iniisip nila na ang pag-unawa sa gayong mahihirap na isyu ay hindi magpapalago o magbibigay ng anumang pakinabang sa kanilang buhay. Sa gayon, bagama't narinig na nila ang tungkol sa pamamahala ng Diyos, hindi nila iyon gaanong pinakikinggan. Hindi nila ito itinuturing na isang bagay na mahalagang tanggapin, lalong hindi nila tinatanggap ito bilang bahagi ng kanilang buhay. Lisa lamang ang payak na layunin ng gayong mga tao sa pagsunod sa Diyos, at ang layuning iyon ay ang tumanggap ng mga pagpapala. Hindi mag-aabala ang gayong mga tao na makinig sa anumang iba pa na walang direktang kinalaman sa layuning ito. Para sa kanila, walang mithiing mas lehitimo kaysa maniwala sa Diyos upang makatanggap ng mga pagpapala—ito mismo ang halaga ng kanilang pananampalataya. Kung may isang bagay na hindi nakakatulong sa layuning ito, nananatili silang ganap na hindi naaantig

nito. Ganyan ang karamihan sa mga taong naniniwala sa Diyos ngayon. Ang kanilang layunin at adhikain ay mukhang lehitimo, dahil habang naniniwala sila sa Diyos, gumugugol din sila para sa Diyos, inaalay nila ang kanilang sarili sa Diyos, at ginagampanan nila ang kanilang tungkulin. Isinusuko nila ang kanilang kabataan, tinatalikuran ang pamilya at propesyon, at gumugugol pa ng maraming taon na malayo sa tahanan na nag-aabala. Para sa kapakanan ng kanilang pangunahing mithiin, binabago nila ang kanilang sariling mga interes, ang kanilang pananaw sa buhay, at maging ang direksyong kanilang hinahanap; subalit hindi nila mabago ang layunin ng kanilang paniniwala sa Diyos. Paroo't parito sila para sa pamamahala ng sarili nilang mga huwaran; gaano man kalayo ang daan, at gaano man karami ang mga hrap at balakid sa daan, nananatili silang matiyaga at walang takot sa kamatayan. Anong kapangyarihan ang nagtutulak sa kanila na patuloy na ialay ang kanilang sarili sa ganitong paraan? Ang kanila bang konsiyensya? Ang kanila bang dakila at marangal na katangian? Ang kanila bang determinasyong labanan ang mga puwersa ng kasamaan hanggang sa pinakahuli? Ang kanila bang pananampalatayang magpatotoo sa Diyos nang hindi naghahanap ng kapalit? Ang kanila bang katapatan sa pagiging handang isuko ang lahat upang makamit ang kalooban ng Diyos? O ang kanila bang diwa ng debosyon na laging isakripisyo ang personal na maluluhong kahilingan? Ang magbigay pa rin ng napakalaki ang isang taong hindi kailanman naunawaan ang gawain ng pamamahala ng Diyos, sa payak na pananalita, ay isang himala! Sa sandaling ito, huwag nating talakayin kung gaano kalaki ang naibigay ng mga taong ito. Ang kanilang pag-uugali, gayunman, ay lubos na karapat-dapat nating suriin. Bukod pa sa mga pakinabang na lubos na nauugnay sa kanila, maaari kayang may iba pang mga dahilan kaya ang mga taong hindi kailanman nauunawaan ang Diyos ay nagbibigay ng napakalaki sa Kanya? Dito, natutuklasan natin ang isang dating di-matukoy na problema: Ang relasyon ng tao sa Diyos ay para lamang sa sarili niyang interes. Isa itong relasyon sa pagitan ng isang tumatanggap at isang nagbibigay ng pagpapala. Sa madaling salita, katulad ito ng relasyon sa pagitan ng empleyado at ng amo. Nagtatrabaho lamang ang empleyado para matanggap ang mga gantimpalang ipinagkakaloob ng amo. Walang pagmamahal sa gayong relasyon, transaksyon lamang. Walang nagmamahal o minamahal, kawanggawa at awa lamang. Walang pag-unawa, pigil na galit at panlilinlang lamang. Walang pagiging matalik, isang pagitan lamang na hindi matatawid. Ngayong umabot na ang mga bagay-bagay sa puntong ito, sino ang makapagbabaligtad ng gayong takbo? At ilang tao ang may kakayahang tunay na maunawaan kung gaano na kagrabe ang relasyong ito? Naniniwala Ako na kapag ibinuhos ng mga tao ang kanilang sarili sa galak ng pagiging mapalad, walang sinumang makakaisip kung gaano kahiya-hiya at hindi magandang tingnan ang gayong relasyon sa Diyos.

Ang pinakamalungkot na bagay tungkol sa paniniwala ng sangkatauhan sa Diyos ay na isinasagawa ng tao ang kanyang sariling pamamahala sa gitna ng gawain ng Diyos subalit hindi pinapansin ang pamamahala ng Diyos. Ang pinakamalaking kabiguan ng

tao ay nasa kung paanong ang tao, kasabay ng paghahangad na magpasakop sa Diyos at sambahin Siya, ay bumubuo ng sarili nitong mainam na hantungan at nagpaplano kung paano matatanggap ang pinakamalaking pagpapala at pinakamagandang hantungan. Kahit nauunawaan ng isang tao kung gaano siya kahabag-habag, kasuklam-suklam, at kaawa-awa, ilan ang madaling makakatalikod sa kanyang mga mithiin at inaasam? At sino ang nagagawang pahintuin ang sarili niyang mga hakbang at patigilin ang pag-iisip lamang sa kanyang sarili? Kailangan ng Diyos yaong mga makikipagtulungan nang husto sa Kanya upang tapusin ang Kanyang pamamahala. Kailangan Niya yaong mga magpapasakop sa Kanya sa pamamagitan ng paglalaan ng kanilang buong isipan at katawan sa gawain ng Kanyang pamamahala. Hindi Niya kailangan ang mga taong maglalahad ng kanilang mga kamay para mamalimos sa Kanya araw-araw, lalong hindi Niya kailangan yaong mga nagbibigay ng kaunti at pagkatapos ay naghihintay na magantimpalaan. Kinamumuhian ng Diyos yaong mga gumagawa ng maliit na kontribusyon at pagkatapos ay nagpapakasasa sa kanilang mga tagumpay. Kinamumuhian Niya yaong mga taong walang damdamin na minamasama ang gawain ng Kanyang pamamahala at nais lamang pag-usapan ang tungkol sa pagtungo sa langit at pagtatamo ng mga pagpapala. Higit pa ang pagkasuklam Niya sa mga nagsasamantala sa pagkakataong hatid ng gawaing Kanyang ginagawa sa pagliligtas sa sangkatauhan. Iyon ay dahil hindi kailanman nagmalasakit ang mga taong ito sa nais ng Diyos na makamit at makuha sa pamamagitan ng gawain ng Kanyang pamamahala. Ang inaalala lamang nila ay kung paano nila magagamit ang pagkakataong laan ng gawain ng Diyos upang magtamo ng mga pagpapala. Wala silang malasakit sa puso ng Diyos, dahil lubos silang abala sa sarili nilang mga inaasam at kapalaran. Yaong mga minamasama ang gawain ng pamamahala ng Diyos at wala ni katiting na interes kung paano inililigtas ng Diyos ang sangkatauhan at sa Kanyang kalooban ay ginagawa lamang kung ano ang ikinasisiya nila sa isang paraan na hiwalay sa gawain ng pamamahala ng Diyos. Ang kanilang pag-uugali ay hindi tinatandaan ni inaaprubahan ng Diyos—lalong hindi pinapaboran ng Diyos.

Sa kalakhan ng sansinukob at ng kalangitan, di-mabilang na mga nilikha ang naninirahan at nagpaparami, sumusunod sa batas ng siklo ng buhay, at sumusunod sa isang tuntuning hindi nagbabago. Yaong mga namamatay ay tinatangay ang mga kuwento ng mga buhay, at yaong mga buhay ay inuulit ang parehong kalunus-lunos na kasaysayan ng mga pumanaw na. Kaya nga, hindi maiwasan ng sangkatauhan na tanungin ang sarili: Bakit tayo nabubuhay? At bakit kailangan nating mamatay? Sino ang nag-uutos sa mundong ito? At sino ang lumikha sa sangkatauhang ito? Tunay bang nilikha ng Inang Kalikasan ang sangkatauhan? Tunay bang nasa kontrol ng sangkatauhan ang kanyang sariling kapalaran? ... Ito ang mga bagay na walang tigil na itinatanong ng sangkatauhan sa loob ng libu-libong taon. Sa kasamaang-palad, habang mas nasasaisip ng tao ang mga katanungang ito, mas nagkakaroon siya ng pagkauhaw sa siyensya. Handog ng siyensya ang panandaliang kaluguran at pansamantalang kasiyahan ng

laman, ngunit hindi sapat upang palayain ang tao mula sa pag-iisa, kalungkutan, at halos di-maitagong takot at kawalan ng magagawa sa kaibuturan ng kanyang kaluluwa. Ginagamit lamang ng sangkatauhan ang kaalaman sa siyensya na nakikita ng kanyang mata at nauunawaan ng kanyang utak upang gawing manhid ang kanyang puso. Gayunma'y hindi sapat ang gayong kaalaman sa siyensya upang pigilan ang sangkatauhan sa pagsisiyasat sa mga hiwaga. Hindi lamang alam ng sangkatauhan kung sino ang Pinakamakapangyarihan sa sansinukob at sa lahat ng bagay, lalo na ang simula at hinaharap ng sangkatauhan. Ang tao ay nabubuhay lamang, nang sapilitan, sa gitna ng batas na ito. Walang makakatakas dito at walang makakapagpabago rito, sapagkat sa lahat ng bagay at sa kalangitan ay lisa lamang ang nagmumula sa walang hanggan hanggang walang hanggan na nagtataglay ng kataas-taasang kapangyarihan sa lahat. Siya Yaong hindi pa nakikita ng tao kailanman, Yaong hindi pa nakikilala ng sangkatauhan kailanman, na kung kaninong pag-iral ay hindi pa napaniwalaan ng sangkatauhan kailanman—gayunma'y Siya ang nagbuga ng hininga sa mga ninuno ng sangkatauhan at nagbigay ng buhay sa sangkatauhan. Siya Yaong nagtutustos at nangangalaga sa sangkatauhan, na nagpapahintulot na siya ay umiral; at Siya Yaong nakagabay sa sangkatauhan hanggang ngayon. Bukod pa rito, Siya at Siya lamang ang inaasahan ng sangkatauhan para sa kaligtasan. Siya ang nagtataglay ng kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay at namumuno sa lahat ng nabubuhay sa sansinukob. Siya ang nag-uutos sa apat na panahon, at Siya ang tumatawag sa hangin, nagyeyelong hamog, niyebe, at ulan. Siya ang nagdadala ng sikat ng araw sa sangkatauhan at nagpapasimula sa gabi. Siya ang naglatag ng kalangitan at lupa, na nagbibigay sa tao ng mga kabundukan, lawa, at ilog at lahat ng nabubuhay roon. Ang Kanyang mga gawa ay nasa lahat ng dako, ang Kanyang kapangyarihan ay nasa lahat ng dako, ang Kanyang karunungan ay nasa lahat ng dako, at ang Kanyang awtoridad ay nasa lahat ng dako. Bawat isa sa mga batas at tuntunin na ito ay sagisag ng Kanyang mga gawa, at bawat isa ay naghahayag ng Kanyang karunungan at awtoridad. Sino ang hindi magpapasaklaw ng kanilang sarili sa Kanyang kataas-taasang kapangyarihan? At sino ang hindi magpapasakop ng kanilang sarili sa Kanyang mga disenyo? Lahat ng bagay ay umiiral sa ilalim ng Kanyang titig, at bukod pa rito, lahat ng bagay ay nabubuhay sa ilalim ng Kanyang kataas-taasang kapangyarihan. Ang Kanyang mga gawa at Kanyang kapangyarihan ay nag-iiwan sa sangkatauhan na walang pagpipilian kundi kilalanin ang katunayan na Siya ay totoong umiiral at nagtataglay ng kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay. Wala maliban sa Kanya ang makapag-uutos sa sansinukob, lalong walang makapaglalaan nang walang katapusan para sa sangkatauhang ito. Nagagawa mo mang kilalanin ang mga gawa ng Diyos, at naniniwala ka man sa pag-iral ng Diyos, walang duda na ang Diyos ang nagpapasya sa iyong kapalaran, at walang duda na palaging tataglayin ng Diyos ang kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay. Ang Kanyang pag-iral at awtoridad ay hindi nakasalalay sa kung ang mga ito ay kinikilala at naiintindihan ng tao o hindi. Siya lamang ang nakakaalam ng nakaraan, kasalukuyan, at

hinaharap ng tao, at Siya lamang ang maaaring magpasya sa kapalaran ng sangkatauhan. Kaya mo mang tanggapin ang katunayan na ito, hindi na magtatagal bago masaksihan ng sangkatauhan ang lahat ng ito sa kanyang sariling mga mata, at ito ang katunayan na malapit nang isagawa ng Diyos. Ang sangkatauhan ay nabubuhay at namamatay sa ilalim ng mga mata ng Diyos. Ang tao ay nabubuhay para sa pamamahala ng Diyos, at kapag pumikit ang kanyang mga mata sa huling pagkakataon, para din sa pamamahalang ito kaya pumipikit ang mga ito. Ang tao ay dumarating at umaalis nang paulit-ulit, paroo't parito. Walang eksepsyon, lahat ng ito ay bahagi ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos at ng Kanyang disenyo. Ang pamamahala ng Diyos ay hindi kailanman tumigil; ito ay patuloy na sumusulong. Papangyayarihin Niyang malaman ng sangkatauhan ang Kanyang pag-iral, pagtiwalaan ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan, mamasdan ang Kanyang mga gawa, at magbalik sa Kanyang kaharian. Ito ang Kanyang plano, at ang gawain na Kanyang pinamamahalaan sa loob ng libu-libong taon.

Ang gawain ng pamamahala ng Diyos ay nagsimula sa paglikha ng mundo, at ang tao ang nasa sentro ng gawaing ito. Masasabi na ang paglikha ng Diyos sa lahat ng bagay ay para sa kapakanan ng tao. Dahil ang gawain ng Kanyang pamamahala ay umaabot nang libu-libong taon at hindi ginagawa sa loob lamang ng ilang minuto o segundo, o sa isang kisapmata, o isa o dalawang taon, kinailangan Niyang lumikha ng iba pang mga bagay na kinakailangan para mabuhay ang sangkatauhan, tulad ng araw, buwan, lahat ng uri ng nilikhang may buhay, pagkain, at isang kawili-wiling kapaligiran. Ito ang simula ng pamamahala ng Diyos.

Pagkatapos, ipinasa ng Diyos ang sangkatauhan kay Satanas, at namuhay ang tao sa ilalim ng sakop ni Satanas, na unti-unting humantong sa gawain ng Diyos sa unang kapanahunan: ang kuwento ng Kapanahunan ng Kautusan.... Sa loob ng ilang libong taon sa Kapanahunan ng Kautusan, ang sangkatauhan ay nasanay sa paggabay ng Kapanahunan ng Kautusan at hindi ito pinahalagahan. Unti-unti, iniwan ng tao ang pangangalaga ng Diyos. Kaya nga, habang sumusunod sa batas, sumamba rin sila sa mga diyos-diyosan at gumawa ng masama. Wala silang proteksyon ni Jehova, at namuhay lamang sa harap ng altar sa templo. Sa katunayan, ang gawain ng Diyos ay matagal na silang iniwan, at kahit sumunod pa rin sa kautusan ang mga Israelita, at sinambit nila ang pangalan ni Jehova, at buong pagmamalaki pang naniwala na sila lamang ang mga tao ni Jehova at ang mga hinirang ni Jehova, ang kaluwalhatian ng Diyos ay tahimik na lumisan sa kanila ...

Kapag ginagawa ng Diyos ang Kanyang gawain, palagi Niyang tahimik na nililisan ang isang lugar at marahang isinasagawa ang bagong gawaing sinisimulan Niya sa ibang lugar. Tila hindi ito kapani-paniwala sa mga tao, na naging manhid. Palagi nang pinahalagahan ng mga tao ang luma at kinapopootan at kinaiinisan ang bago at di-pamilyar na mga bagay. Kaya nga, anumang bagong gawain ang ginagawa ng Diyos, mula simula hanggang wakas, ang tao ang huli, sa lahat ng bagay, na nakakaalam nito.

Gaya ng palaging nangyayari, matapos ang gawain ni Jehova sa Kapanahunan ng

Kautusan, sinimulan ng Diyos ang Kanyang bagong gawain ng ikalawang yugto: ang pagkakaroon ng katawan—ang magkatawang-tao bilang tao sa loob ng sampu o dalawampung taon—at pagsasalita at paggawa ng Kanyang gawain sa gitna ng mga mananampalataya. Subalit walang eksepsyon, walang nakaalam dito, at iilang tao lamang ang kumilala na Siya ang Diyos na nagkatawang-tao matapos ipako sa krus at mabuhay muli ang Panginoong Jesus. Ang problema, may lumitaw na isang tinatawag na Pablo, na itinalaga ang kanyang sarili na maging mortal na kaaway ng Diyos. Kahit matapos siyang pabagsakin at naging apostol, hindi binago ni Pablo ang kanyang dating likas na pagkatao, at patuloy siyang tumahak sa landas ng paglaban sa Diyos. Sa panahon ng kanyang paggawa, sumulat si Pablo ng maraming sulat; sa kasamaang-palad, itinuring ng sumunod na mga henerasyon ang kanyang mga sulat bilang mga salita ng Diyos, at isinama pa ang mga ito sa Bagong Tipan at nagpalito sa mga salitang sinambit ng Diyos. Malaking kahihyan ito simula noong lumitaw ang Kasulatan! At hindi ba nangyari ang pagkakamaling ito dahil sa matinding kahangalan ng tao? Hindi nila alam na, sa mga talaan ng gawain ng Diyos sa Kapanahunan ng Biyaya, ang mga sulat o espirituwal na mga kasulatan ng tao ay hindi talaga dapat na naroroon upang gayahin ang gawain at mga salita ng Diyos. Ngunit hindi ito ang punto, kaya't bumalik tayo sa ating orihinal na paksa. Nang makumpleto ang pangalawang yugto ng gawain ng Diyos—pagkaraan ng pagpapako sa krus—naisakatuparan ang gawain ng Diyos na bawiin ang tao mula sa kasalanan (ibig sabihin, bawiin ang tao mula sa mga kamay ni Satanang). Kaya nga, mula sa sandaling iyon, kinailangan lamang tanggapin ng sangkatauhan ang Panginoong Jesus bilang Tagapagligtas, at mapapatawad na ang kanyang mga kasalanan. Sa madaling salita, ang mga kasalanan ng tao ay hindi na isang hadlang sa pagkakamit niya ng kaligtasan at pagharap sa Diyos, at hindi na batayan ng pag-akusa ni Satanang sa tao. Iyon ay dahil ang Diyos Mismo ay nagsagawa na ng tunay na gawain, naging wangis at patikim ng makasalanang laman, at ang Diyos Mismo ang naging handog para sa kasalanan. Sa ganitong paraan, ang tao ay bumaba mula sa krus, at tinubos at iniligtas sa pamamagitan ng katawang-tao ng Diyos—ang wangis nitong makasalanang laman. Kaya nga, matapos mabihag ni Satanang, nakalapit nang isang hakbang ang tao palapit sa pagtanggap ng Kanyang pagliligtas sa harap ng Diyos. Mangyari pa, ang yugtong ito ng gawain ay mas malalim at mas maunlad kaysa sa pamamahala ng Diyos noong Kapanahunan ng Kautusan.

Ganyan ang pamamahala ng Diyos: para ipasa ang sangkatauhan kay Satanang—isang sangkatauhang hindi nakakaalam kung ano ang Diyos, kung ano ang Lumikha, kung paano sambahin ang Diyos, o kung bakit kailangang magpasakop sa Diyos—at tulutan si Satanang na gawin siyang tiwali. Sa paisa-isang hakbang, saka binabawi ng Diyos ang tao mula sa mga kamay ni Satanang, hanggang sa lubos na sambahin ng tao ang Diyos at tanggiin si Satanang. Ito ang pamamahala ng Diyos. Maaaring para itong isang kuwentong kathang-isip, at maaaring tila nakakalito ito. Pakiramdam ng mga tao ay para itong isang kuwentong kathang-isip dahil wala silang

kamalay-malay kung gaano na karami ang nangyari sa tao sa nakalipas na ilang libong taon, lalong hindi nila alam kung ilang kuwento na ang nangyari sa kalawakan at sa kalangitan. At bukod pa ryan, iyon ay dahil hindi nila mapahalagahan ang mas kahanga-hanga at mas nakakatakot na mundong umiiral sa kabila ng materyal na mundo, ngunit pinipigilan sila ng kanilang mortal na mga mata na makita ito. Parang mahirap itong maunawaan ng tao dahil hindi nauunawaan ng tao ang kabuluhan ng pagliligtas ng Diyos sa sangkatauhan o ang kabuluhan ng gawain ng Kanyang pamamahala, at hindi nauunawaan kung ano ang nais ng Diyos na kahinatnan ng sangkatauhan sa huli. Iyon ba ay ang hindi ito lubos na magawang tiwali ni Satanas, na kagaya nina Adan at Eba? Hindi! Ang layunin ng pamamahala ng Diyos ay para matamo ang isang grupo ng mga tao na sumasamba sa Diyos at nagpapasakop sa Kanya. Bagama't nagawa nang tiwali ni Satanas ang mga taong ito ay, hindi na nila itinuturing si Satanas bilang kanilang ama; nakikilala nila ang kasuklam-suklam na mukha ni Satanas at tinatanggihan ito, at humaharap sila sa Diyos upang tanggapin ang Kanyang paghatol at pagkastigo. Nalalaman nila kung ano ang pangit at kung paano ito naiiba roon sa banal, at kinikilala nila ang kadakilaan ng Diyos at ang kasamaan ni Satanas. Ang isang sangkatauhang tulad nito ay hindi na gagawa para kay Satanas, o sasamba kay Satanas, o iidolohin si Satanas. Ito ay dahil sila ay isang grupo ng mga tao na tunay nang nakamit ng Diyos. Ito ang kabuluhan ng gawain ng pamamahala ng Diyos sa sangkatauhan. Sa panahon ng gawain ng pamamahala ng Diyos sa panahong ito, ang sangkatauhan ang pakay kapwa ng pagtitiwali ni Satanas at ng pagliligtas ng Diyos, at ang tao ang produktong pinag-aawayan ng Diyos at ni Satanas. Habang ginagawa ng Diyos ang Kanyang gawain, unti-unti Niyang binabawi ang tao mula sa mga kamay ni Satanas, kaya nga ang tao ay lalo pang napapalapit sa Diyos ...

At pagkatapos ay dumating ang Kapanahunan ng Kaharian, na siyang mas praktikal na yugto ng gawain, subalit ito rin ang pinakamahirap para sa tao na tanggapin. Iyon ay dahil habang mas napapalapit ang tao sa Diyos, mas napapalapit ang tungkod ng Diyos sa tao, at mas malinaw na nahahayag ang mukha ng Diyos sa tao. Kasunod ng pagtubos sa sangkatauhan, opisyal na bumabalik ang tao sa pamilya ng Diyos. Akala ng tao ay ngayon na ang oras para sa kasiyahan, subalit isinasailalim siya sa isang harap-harapang paglusob ng Diyos, na ang mga katulad ay hindi pa nakini-kinita ng sinuman: Lumalabas na ito ay isang pagbibinyag na kailangang “ikagalak” ng mga tao ng Diyos. Sa ilalim ng gayong pagtrato, walang pagpipilian ang mga tao kundi ang huminto at isipin sa kanilang sarili, “Ako ang tupang nawala nang maraming taon na labis na pinaggugulan ng Diyos upang maibalik, kaya bakit ako tinatrato ng Diyos nang ganito? Ito ba ang paraan na pinagtatawanan ako ng Diyos, at inilalantad ako? ...” Pagkaraan ng ilang taon, nabugbog ng panahon ang tao, nakaranas na ng hrap ng pagpipino at pagkastigo. Bagama't nawala sa tao ang “kaluwalhatian” at “pagmamahalan” ng mga panahong nakaraan, hindi niya namalayan na nauunawaan na niya ang mga prinsipyo ng pag-uugali ng tao, at nagkaroon na siya ng pagpapahalaga sa ilang taon ng debosyon

ng Diyos sa pagliligtas sa sangkatauhan. Unti-unting nagsimulang kasuklaman ng tao ang sarili niyang kabangisan. Nagsisimula siyang kamuhian kung gaano siya kabangis, lahat ng maling pagkaunawa niya sa Diyos, at ang di-makatwirang mga kahilingang nagawa niya sa Kanya. Hindi maibabalik ang mga kamay ng orasan. Ang nakaraang mga kaganapan ay nagiging malulungkot na alaala ng tao, at ang mga salita at pagmamahal ng Diyos ang nagtutulak sa tao na magbagumbuhay. Ang mga sugat ng tao ay naghihilom araw-araw, nagbabalik ang kanyang lakas, at tumatayo siya at tumitingin sa mukha ng Makapangyarihan sa lahat ... para lamang matuklasan na palagi Siyang nasa tabi niya, at na ang Kanyang ngiti at Kanyang magandang mukha ay lubha pa ring nagpapasigla. May malasakit pa rin Siya sa Kanyang puso para sa sangkatauhan na Kanyang nilikha, at mainit at makapangyarihan pa rin ang Kanyang mga kamay tulad noong simula. Para bang ang tao ay nagbalik sa Halamanan ng Eden, subalit sa pagkakataong ito ay hindi na nakikinig ang tao sa mga panunukso ng ahas at hindi na tumatalikod palayo sa mukha ni Jehova. Lumuluhod ang tao sa harap ng Diyos, tumitingala sa nakangiting mukha ng Diyos, at nag-aalok ng kanyang pinakamahalagang sakripisyo—O! Panginoon ko, Diyos ko!

Ang pagmamahal at habag ng Diyos ay nanunuot sa bawat isang detalye ng Kanyang gawain ng pamamahala, at nauunawaan man ng mga tao ang mabubuting layon ng Diyos, walang-pagod pa rin Niyang ginagawa ang gawaing itinakda Niyang tuparin. Gaano man nauunawaan ng mga tao ang pamamahala ng Diyos, maaaring pahalagahan ng lahat ang tulong at mga pakinabang na hatid ng gawain ng Diyos sa tao. Marahil, sa araw na ito, hindi mo pa nadama ang alinman sa pagmamahal o buhay na ipinagkaloob ng Diyos, ngunit hangga't hindi mo tinatalikuran ang Diyos, at hindi mo isinusuko ang iyong determinasyong hangarin ang katotohanan, darating ang araw na mahahayag sa iyo ang ngiti ng Diyos. Sapagkat ang layunin ng gawain ng pamamahala ng Diyos ay para bawiin ang mga taong nasa ilalim ng sakop ni Satanas, hindi para talikuran ang mga taong nagawang tiwali ni Satanas at lumalaban sa Diyos.

Setyembre 23, 2005

Apendise 4

Mamasdan ang Pagpapakita ng Diyos sa Kanyang Paghatol at Pagkastigo

Katulad ng daan-daang milyong iba pang sumusunod sa Panginoong Jesucristo, sumusunod tayo sa mga batas at kautusan ng Bibliya, tinatamasa natin ang saganang biyaya ng Panginoong Jesucristo, at nagtitipon, nananalangin, nagpupuri, at naglilingkod tayo sa pangalan ng Panginoong Jesucristo—at lahat ng ito ay ating ginagawa sa

ilalim ng pangangalaga at proteksyon ng Panginoon. Kadalasan ay mahina tayo, at kadalasan ay malakas din tayo. Naniniwala tayo na lahat ng kilos natin ay alinsunod sa mga turo ng Panginoon. Malinaw, kung gayon, na naniniwala rin tayo na tumatahak tayo sa landas ng pagsunod sa kalooban ng Ama sa langit. Nananabik tayo sa pagbalik ng Panginoong Jesus, sa Kanyang maluwalhating pagbaba, para sa katapusan ng ating buhay rito sa lupa, sa paglitaw ng kaharian, at sa lahat ayon sa ipinropesiya sa Aklat ng Pahayag: Darating ang Panginoon, may dala Siyang kalamidad, gagantimpalaan Niya ang mabubuti at parurusahan ang masasama, at dadalhin ang lahat ng sumusunod sa Kanya at malugod na tumatanggap sa Kanyang pagbalik upang salubungin Siya sa himpapawid. Tuwing naiisip natin ito, hindi natin mapigilan ang ating damdamin, masaya na tayo ay isinilang sa mga huling araw at mapalad na masaksihan ang pagdating ng Panginoon. Bagama't nagdanas na tayo ng pag-uusig, ang naging kapalit naman ay "lalo't lalong bigat ng kaluwalhatianang walang hanggan." Kaylaking pagpapala! Lahat ng pananabik na ito at ang biyayang ipinagkaloob ng Panginoon ay nagpapanatili sa atin sa mahinahong panalangin at ginagawa tayong mas masigasig na sama-samang magtipon. Maaaring sa susunod na taon, maaaring bukas, at maaaring sa loob ng mas maikling panahon kaysa maiisip ng tao, biglang bababa ang Panginoon, na nagpapakita sa isang grupo ng mga taong sabik na naghihintay sa Kanya nang may malaking pag-aalala. Nag-uunahan tayo, walang sinumang gustong maiwanan, lahat ay para mapasama sa unang grupong makakamalas sa pagpapakita ng Panginoon, mapasama sa mga unang madadala. Naibigay na natin ang lahat, anuman ang maging kapalit, para sa pagdating ng araw na ito; ang ilan ay isinuko ang kanilang mga trabaho, ang ilan ay iniwan ang kanilang pamilya, ang ilan ay tinalikuran ang kanilang asawa, at ang ilan ay ipinamigay pa ang lahat ng kanilang ipon. Napakatinding pagpapakita ng di-makasariling debosyon! Ang gayong sinseridad at katapatan ay tiyak na higit pa sa mga banal noong nakalipas na mga kapanahunan! Dahil nagkakaloob ng biyaya ang Panginoon sa sinumang naisin Niya at nagpapakita ng awa sa sinumang naisin Niya, naniniwala tayo, na ang ating mga pagpapakita ng debosyon at pagpapagal ay matagal nang namasdan ng Kanyang mga mata. Nakaabot na rin ang ating taos-pusong mga panalangin sa Kanyang mga tainga, at nagtitiwala tayo na gagantimpalaan tayo ng Panginoon para sa ating dedikasyon. Bukod pa ryan, naging mapagpala ang Diyos sa atin bago Niya nilikha ang mundo, at ang mga pagpapala at pangakong naibigay Niya sa atin ay hindi makukuha ninuman. Lahat tayo ay nagpaplano para sa hinaharap, at karaniwan ay nagawa nitong kapalit o puhunan ang ating dedikasyon at pagpapagal para madala tayo upang salubungin ang Panginoon sa himpapawid. Bukod pa ryan, wala ni katiting na pag-aatubili, nailagay na natin ang ating sarili sa trono ng hinaharap, upang mamahala sa lahat ng bansa at lahat ng tao o mamuno bilang mga hari. Lahat ng ito ay pinaniniwalaan na natin, o itinuturing natin na isang bagay na aasahan.

Hinahamak natin ang lahat ng laban sa Panginoong Jesus; ang magiging katapusan nilang lahat ay pagkalipol. Sino ang nagsabi sa kanila na huwag maniwala na ang

Panginoong Jesus ang Tagapagligtas? Siyempre pa, may mga pagkakataon na ginagaya natin ang Panginoong Jesus sa pagiging mahabagin sa mga tao sa mundo, sapagkat hindi nila nauunawaan, at tama na maging mapagparaya at mapagpatawad tayo sa kanila. Lahat ng ating ginagawa ay alinsunod sa mga salita ng Bibliya, sapagkat lahat ng hindi naaayon sa Bibliya ay paglihis sa tanggap na mga pamantayan at kalapastanganan. Ang ganitong klase ng paniniwala ay nakatanim nang malalim sa isipan ng bawat isa sa atin. Ang ating Panginoon ay nasa Bibliya, at kung hindi tayo lalayo sa Bibliya, hindi tayo mapapalayo sa Panginoon; kung susundin natin ang prinsipyong ito, magtatamo tayo ng kaligtasan. Pinasisigla natin ang isa't isa, bawat isa ay sinusupportahan ang iba, tuwing magtitipon tayo, inaasahan natin na lahat ng ating sinasabi at ginagawa ay alinsunod sa kalooban ng Panginoon at tatanggapin ng Panginoon. Sa kabila ng matinding pagpapahirap ng ating kapaligiran, ang ating puso ay puno ng katuwaan. Kapag iniisip natin ang mga pagpapalang malapit nang makamit, mayroon pa bang anumang hindi natin kayang isantabi? Mayroon pa bang anuman na atubili tayong iwanan? Malinaw ang lahat ng ito, at lahat ng ito ay nasa ilalim ng mapagmasid na mga mata ng Diyos. Tayo, ang sandakot na mga nangangailangan na naiahon mula sa tambak ng dumi, ay gaya lamang ng lahat ng ordinaryong tagasunod ng Panginoong Jesus, nangangarap na madala, na mapagpala, at mapamahalaan ang lahat ng bansa. Ang ating katiwalian ay nalantad na sa mga mata ng Diyos, at ang ating mga pagnanasa at kasakiman ay nahatulan na sa mga mata ng Diyos. Gayunpaman, lahat ng ito ay lubhang normal na nangyayari, kaya nga makatwiran na wala ni isa sa atin ang nagtataka kung ang ating mga pananabik ay tama, lalong walang sinuman sa atin ang nagdududa sa katumpakan ng lahat ng ating pinanghahawakan. Sino ang makakaalam sa kalooban ng Diyos? Anong uri ba talaga ng landas ang tinatahak ng tao, hindi natin alam kung paano maghanap o magsiyasat; at lalo nang hindi tayo interesadong mag-usisa. Sapagkat ang tanging inaalintana natin ay kung madadala tayo, kung mapagpapala tayo, kung may lugar ba para sa atin sa kaharian ng langit, at kung makakabahagi tayo sa tubig ng ilog ng buhay at sa bunga ng puno ng buhay. Hindi ba naniniwala tayo sa Panginoon para matamo ang mga bagay na ito at maging Kanyang mga tagasunod? Napatawad na ang ating mga kasalanan, nagsisi na tayo, nakainom na tayo mula sa mapait na saro ng alak, at napasana na natin ang krus. Sino ang makapagsasabi na hindi tatanggapin ng Panginoon ang halagang ating ibinayad? Sino ang makapagsasabi na hindi tayo nakapaghanda ng sapat na langis? Ayaw nating maging mga mangmang na dalagang iyon o maging isa sa mga yaon na pinabayaan. Bukod pa ryan, palagi tayong nagdarasal, na hinihiling sa Panginoon na ingatan tayong huwag malinlang ng mga huwad na Cristo, sapagkat sinabi sa Bibliya na: "Kung magkagayon, kung may magsabi sa inyong sinumang tao, 'Narito ang Cristo, o, Nariyan,' huwag ninyong paniwalaan. Sapagkat may magsisilitaw na mga bulaang Cristo, at mga bulaang propeta, at mangagpapakita ng mga dakilang tanda at mga kababalaghan; ano pa't ililigaw, kung maaari, pati ang mga hirang" (Mateo 24:23–24). Naisaulo na nating lahat ang mga talatang

ito sa Bibliya; alam na alam natin ang mga ito, at itinuturing natin ang mga ito bilang mahalagang kayamanan, bilang buhay, at bilang katibayan na nagpapasya kung tayo ay maliligtas o madadala ...

Sa loob ng libu-libong taon, pumanaw na ang mga buhay, dala ang kanilang mga pananabik at kanilang mga pangarap, ngunit kung napunta man sila sa kaharian ng langit, walang tunay na nakakaalam. Nagbabalik ang mga patay, na nalimutan na ang lahat ng kuwentong minsang nangyari, at sinusunod pa rin nila ang mga turo at mga landas ng mga ninuno. At sa ganitong paraan, sa paglipas ng mga taon at pagdaan ng mga araw, walang nakakaalam kung talagang tinatanggap ng ating Panginoong Jesus, na ating Diyos, ang lahat ng ating ginagawa. Ang tanging magagawa natin ay asamin na magkaroon ng kalalabasan at pag-isipan ang lahat ng mangyayari. Subalit nanatiling walang imik ang Diyos sa lahat ng ito, at hindi nagpakita sa atin kailanman, hindi nagsalita sa atin kailanman. Kaya nga, sa pagsunod sa Bibliya at alinsunod sa mga tanda, sadya tayong gumagawa ng mga paghatol tungkol sa kalooban at disposisyon ng Diyos. Nasanay na tayo sa katahimikan ng Diyos; nasanay na tayo sa pagsukat sa tama at mali sa ating pag-uugali gamit ang ating sariling paraan ng pag-iisip; nasanay na tayo sa pag-asa sa ating kaalaman, mga kuru-kuro, at pamantayang moral kapalit ng mga hinihingi ng Diyos sa atin; nasanay na tayo sa pagtatamasa ng biyaya ng Diyos; nasanay na tayo sa pagbibigay ng tulong ng Diyos tuwing kailangan natin; nasanay na tayo sa paglalahad ng ating mga palad sa Diyos para sa lahat ng bagay, at sa pag-uutos sa Diyos; nasanay na rin tayo sa pag-ayon sa mga tuntunin, na hindi pinapansin kung paano tayo inaakay ng Banal na Espiritu; at, bukod pa ryan, nasanay na tayong gumawa ng mga desisyon para sa ating sarili. Naniniwala tayo sa ganitong Diyos, na hindi pa natin nakaharap kailanman. Ang mga tanong na tulad ng ano ang Kanyang disposisyon, ano ang mayroon Siya at ano Siya, ano ang Kanyang hitsura, makikilala ba natin Siya pagdating Niya o hindi, at iba pa—wala sa mga ito ang mahalaga. Ang mahalaga ay na Siya ay nasa puso natin at na Siya ay hinihintay nating lahat, at sapat nang nagagawa nating isipin na Siya ay ganito o ganyan. Pinahahalagahan natin ang ating pananampalataya, at pinakaiingatan ang ating espirituwalidad. Itinuturing nating dumi ang lahat ng bagay, at tinatapakan natin ang lahat ng bagay. Dahil tayo ay mga mananampalataya ng maluwalhating Panginoon, gaano man katagal at kahirap ang paglalakbay, anumang mga paghihirap at panganib ang sumapit sa atin, walang makakapigil sa ating mga yapak habang sinusundan natin ang Panginoon. “Ang isang dalisay na ilog ng tubig ng buhay, na kasinlinaw na gaya ng kristal, na lumalabas sa luklukan ng Diyos at ng Kordero. At sa alinmang dako ng ilog, naroon ang punongkahoy ng buhay, na namumunga ng labingdalawang iba’t ibang bunga, na namumunga sa bawa’t buwan: at ang mga dahon ng punongkahoy ay pampagaling sa mga bansa. At hindi na magkakaroon pa ng sumpa: at ang luklukan ng Diyos at ng Kordero ay naroroon: at Siya’y paglilingkuran ng Kanyang mga alipin: At makikita nila ang Kanyang mukha; at ang Kanyang pangalan ay sasakanilang mga noo. At hindi na magkakaroon

pa ng gabi roon, at sila'y hindi nangangailangan ng liwanag ng ilawan, ni ng liwanag man ng araw; sapagkat liliwanagan sila ng Panginoong Diyos: at sila'y maghahari magpakailan kailanman" (Pahayag 22:1-5). Tuwing inaawit natin ang mga salitang ito, napupuspos ng kagalakan at kasiyahan ang ating puso, at dumadaloy ang mga luha mula sa ating mga mata. Salamat sa Panginoon sa pagpili sa atin, salamat sa Panginoon sa Kanyang biyaya. Nabigyan Niya tayo ng sandaang ulit sa buhay na ito at nabigyan tayo ng buhay na walang hanggan sa mundong darating. Kung hihilingan Niya tayong mamatay ngayon, gagawin natin iyon nang wala ni katiting na reklamo. O Panginoon! Dumating Ka na sana kaagad! Dahil desperado kaming nananabik sa Iyo, at tinalikdan na namin ang lahat para sa Iyo, huwag Ka nang magpaliban pa ng kahit isang minuto, isang segundo.

Ang Diyos ay walang-imik, at hindi pa nagpakita sa atin kailanman, subalit hindi pa humihinto ang Kanyang gawain kailanman. Sinusuri Niya ang buong kalupaan, at inuutusan ang lahat ng bagay, at minamasdan ang lahat ng salita at gawa ng tao. Idinaraos Niya ang Kanyang pamamahala sa maiingat na hakbang at ayon sa Kanyang plano, tahimik at hindi kapansin-pansin, subalit ang Kanyang mga yapak ay sumusulong, nang paisa-isa, palapit nang palapit sa sangkatauhan, at ang Kanyang luklukan ng paghatol ay ipinadadala sa sansinukob na simbilis ng kidlat, na ang kasunod ay bumababa kaagad ang Kanyang luklukan sa ating kalagitnaan. Napakaringal ng tanawing iyon, napakarangal at napakataimtim na tagpo! Parang kalapati, at parang umaatungal na leon, dumarating ang Espiritu sa ating kalagitnaan. Siya ang karunungan, Siya ang pagiging matuwid at maharlika, at dumarating Siya nang patago sa ating paligid, na nagpapakita ng awtoridad at puno ng pagmamahal at awa. Walang nakakaalam sa Kanyang pagdating, walang sumasalubong sa Kanyang pagdating, at, bukod pa ryan, walang nakakaalam sa lahat ng Kanyang gagawin. Ang buhay ng tao ay nagpapatuloy tulad ng dati, walang naiiba sa kanyang puso, at lumilipas ang mga araw tulad ng dati. Ang Diyos ay namumuhay sa ating piling, bilang isang taong katulad ng iba pang mga tao, bilang isa sa pinakahamak na mga tagasunod at isang ordinaryong mananampalataya. Mayroon Siyang sariling mga layunin; at, bukod pa ryan, mayroon Siyang pagka-Diyos na hindi taglay ng ordinaryong mga tao. Walang sinumang nakapansin sa pag-iral ng Kanyang pagka-Diyos, at walang sinumang nakahiwatig sa pagkakaiba sa pagitan ng Kanyang diwa at ng diwa ng tao. Namumuhay tayo na kasama Siya, malaya at walang takot, sapagkat sa ating paningin Siya ay isa lamang hamak na mananampalataya. Minamasdan Niya ang bawat kilos natin, at lahat ng ating mga iniisip at ideya ay nakalantad sa Kanyang harapan. Walang sinumang may interes sa Kanyang pag-iral, walang sinumang nakakaisip ng anuman tungkol sa Kanyang tungkulin, at, bukod pa ryan, walang sinumang may kahit katiting na hinala tungkol sa Kanyang identidad. Ipinagpapatuloy lamang natin ang ating mga pinagsisikapan, na para bang wala Siyang kinalaman sa atin ...

Nagkataon, nagpapahayag ng sipi ng mga salita ang Banal na Espiritu "sa pamamagitan" Niya, at kahit parang hindi ito inaasahan, magkagayunman ay kinikilala

natin ito bilang isang pagbigkas na nagmumula sa Diyos at tinatanggap ito kaagad mula sa Diyos. Iyon ay dahil, sino man ang nagpapahayag ng mga salitang ito, basta't nagmumula ito sa Banal na Espiritu, dapat nating tanggapin ang mga ito at hindi natin maaaring tanggihan ang mga ito. Ang susunod na pagbigkas ay maaaring dumating sa pamamagitan ko, o sa pamamagitan mo, o sa pamamagitan ng ibang tao. Sino man iyon, lahat ay biyaya ng Diyos. Subalit sino man iyon, hindi natin maaaring sambahin ang taong ito, sapagkat anuman ang mangyari, hindi posibleng ang Diyos ang taong ito, ni hindi tayo mamimili sa anumang paraan ng isang ordinaryong taong kagaya nito na maging ating Diyos. Ang ating Diyos ay lubhang dakila at kagalang-galang; paano Siya maaaring katawanin ng isang napakahamak na tao? Bukod pa ryan, naghihintay tayong dumating ang Diyos at dalhin tayo pabalik sa kaharian ng langit, kaya paano makakaya ng isang napakahamak na tao ang gayon kahalaga at kahirap na gawain? Kung muling pumarito ang Panginoon, kailangan ay sakay Siya ng puting ulap, para makita Siya ng lahat ng tao. Napakaluwalhati siguro noon! Paano Siya posibleng palihim na makakapagtago sa isang grupo ng ordinaryong mga tao?

Subalit ang ordinaryong taong ito, na nakatago sa gitna ng mga tao, ang gumagawa ng bagong gawaing iligtas tayo. Hindi Siya nagbibigay sa atin ng anumang mga paliwanag, ni hindi rin Niya sinasabi kung bakit Siya naparito, kundi ginagawa lamang Niya ang gawaing layon Niyang gawin nang may maiingat na hakbang at ayon sa Kanyang plano. Ang Kanyang mga salita at pagbigkas ay lalo pang nagiging mas madalas. Mula sa pag-aliw, pagpapayo, pagpapaalala, at pagbabala, hanggang sa pagsaway at pagdidisiplina; mula sa tinig na banayad at maamo, hanggang sa mga salitang malupit at maringal—lahat ng iyon ay nagkakaloob ng awa sa tao at nagpapakaba sa kanya. Lahat ng Kanyang sinasabi ay tumatama sa mga lihim na nakatago sa ating kaibuturan; ang Kanyang mga salita ay dumuduro sa ating puso, dumuduro sa ating espiritu, at iniwan tayong puno ng matinding kahihyan, na halos hindi natin malaman kung saan tayo magtatago. Nagsisimula tayong mahiwagaan kung talagang mahal tayo ng Diyos na nasa puso ng taong ito at kung ano talaga ang balak Niyang gawin. Marahil ay madadala lamang tayo matapos magtiis ng mga pagdurusang ito? Sa ating isipan, nagtutuos tayo ... tungkol sa ating hantungan at tungkol sa ating kapalaran sa hinaharap. Gayunman, tulad ng dati, walang sinuman sa atin ang naniniwala na nagkatawang-tao na ang Diyos upang gumawa sa gitna natin. Kahit nasamahan Niya tayo sa matagal na panahon, kahit nagsalita na Siya ng napakaraming salita sa ating harapan, ayaw pa rin nating tanggapin ang gayon kaordinaryong tao bilang Diyos ng ating hinaharap, at lalong ayaw rin nating ipagkatiwala ang pagkontrol sa ating hinaharap at ating kapalaran sa hamak na taong ito. Mula sa Kanya nagtatamasa tayo ng walang-katapusang panustos ng tubig na buhay, at sa pamamagitan Niya ay nabubuhay tayo na kasama ang Diyos. Ngunit nagpapasalamat lamang tayo sa biyaya ng Panginoong Jesus sa langit, at hindi natin binibigyang-pansin kailanman ang damdamin ng ordinaryong taong ito na nagtataglay ng pagka-Diyos. Tulad ng dati, patuloy Niyang ginagawa ang Kanyang

gawain na mapagkumbabang nakatago sa katawang-tao, na ipinapahayag ang nasa kaibuturan ng Kanyang puso, na para bang hindi Niya nadarama ang pagtangga sa Kanya ng sangkatauhan, na para bang walang-hanggang pinatatawad ang pagiging isip-bata at kamangmangan ng tao, at mapagparaya sa walang-pakundangang pag-uugali ng tao sa Kanya.

Hindi natin alam, inakay na tayo ng hamak na taong ito nang paisa-isang hakbang tungo sa gawain ng Diyos. Nagdaranas tayo ng napakaraming pagsubok, nagpapasan ng napakaraming pagtutuwid, at nasusubok ng kamatayan. Nalalaman natin ang matuwid at maharlikang disposisyon ng Diyos, natatamasa rin natin ang Kanyang pag-ibig at awa, natututuhang pahalagahan ang dakilang kapangyarihan at karunungan ng Diyos, nasasaksihan ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos, at namamasdan ang sabik na hangarin ng Diyos na iligtas ang tao. Sa mga salita ng ordinaryong taong ito, nalalaman natin ang disposisyon at diwa ng Diyos, nauunawaan ang kalooban ng Diyos, nalalaman ang kalikasan at diwa ng tao, at nakikita ang landas tungo sa kaligtasan at pagiging perpekto. Ang Kanyang mga salita ay nagiging sanhi upang tayo ay “mamatay,” at nagiging sanhi upang tayo ay “ipanganak na muli”; ang Kanyang mga salita ay naghahatid sa atin ng ginhawa, subalit iniwan din tayo na sinusurot ng ating budhi at may pakiramdam na may-pagkakautang; ang Kanyang mga salita ay naghahatid sa atin ng kagalakan at kapayapaan, ngunit pati na ng walang-katapusang pasakit. Kung minsan ay para tayong mga tupang kakatayin sa Kanyang mga kamay; kung minsan ay parang kinagigiliwan Niya tayo, at tinatamasa natin ang Kanyang magiliw na pagmamahal; kung minsan ay para tayong kaaway Niya, at sa ilalim ng Kanyang titig ay nagiging abo tayo dahil sa Kanyang galit. Tayo ang sangkatauhang iniligtas Niya, tayo ang mga uod sa Kanyang paningin, at tayo ang mga ligaw na tupa na araw at gabi ay determinado Niyang hanapin. Maawain Siya sa atin, kinamumuhian Niya tayo, ibinabangon Niya tayo, inaaliw at pinapayuhan Niya tayo, ginagabayan Niya tayo, nililiwanagan Niya tayo, itinutuwid at dinidisciplina Niya tayo, at isinusumpa rin Niya tayo. Gabi’t araw, hindi Siya tumitigil sa pag-aalala tungkol sa atin, at pinoprotektahan at pinangangalagaan Niya tayo, gabi’t araw, na hindi kailanman umaalis sa ating tabi, kundi ibinubuhos ang lahat ng Kanyang pagsusumikap para sa atin at nagbabayad ng anumang halaga para sa atin. Sa loob ng mga pagbigkas ng maliit at ordinaryong katawang may laman, natamasa natin ang kabuuan ng Diyos at namasdan ang hantungang naipagkaloob sa atin ng Diyos. Sa kabila nito, nananatili pa rin ang kayabangan sa ating puso, at masigasig pa rin tayong umaayaw na tanggapin ang isang taong tulad nito bilang ating Diyos. Bagama’t nabigyan Niya tayo ng napakaraming manna, napakaraming matatamasa, wala sa mga ito ang makakaagaw sa lugar ng Panginoon sa ating puso. Iginagalang natin ang espesyal na identidad at katayuan ng taong ito nang may malaking pag-aatubili. Basta’t hindi Siya nagsasalita upang hilingin sa atin na kilalanin na Siya ang Diyos, hindi tayo kailanman magkukusang kilalanin Siya bilang ang Diyos na malapit nang dumating subalit matagal nang gumagawa sa gitna natin.

Patuloy ang Diyos sa Kanyang mga pagbigkas, na gumagamit ng iba't ibang pamamaraan at pananaw upang pagsabihan tayo kung ano ang dapat nating gawin habang, kasabay nito, isinasatinig ang nilalaman ng Kanyang puso. Ang Kanyang mga salita ay nagdadala ng kapangyarihan ng buhay, na ipinapakita sa atin ang daan na dapat nating tahakin, at binibigyang-kakayahan tayo na maunawaan kung ano ang katotohanan. Nagsisimula tayong maakit sa Kanyang mga salita, nagsisimula tayong magtuon sa tono at paraan ng Kanyang pagsasalita, at hindi sinasadyang nagsisimula tayong magkainteres sa kaloob-loobang damdamin ng ordinaryong taong ito. Nagsusumikap Siya sa paggawa para sa atin, nagtitiis ng puyat at gutom para sa atin, umiiyak para sa atin, naghihinagpis para sa atin, dumaraing sa sakit para sa atin, nagdaranas ng kahihyan para sa kapakanan ng ating hantungan at kaligtasan, at lumuluha at nagdurugo ang Kanyang puso dahil sa ating pagkamanhid at pagkasuwail. Ang ganitong pagiging kung ano Siya at mayroon Siya ay hindi angkin ng ordinaryong tao, ni hindi ito maaaring taglayin o makamit ng sinumang nilalang na ginawang tiwali. Siya ay nagpapakita ng pagpaparaya at pagtitiis na hindi taglay ng ordinaryong tao, at ang Kanyang pagmamahal ay hindi isang bagay na ipinagkaloob sa sinumang nilalang. Walang sinuman maliban sa Kanya ang nakakaalam sa lahat ng ating iniisip, o may napakalinaw at ganap na pagkaintindi sa ating likas na pagkatao at diwa, o makakahatol sa pagkasuwail at katiwalian ng sangkatauhan, o nakapagsasalita sa atin at nakagagawa sa atin na kagaya nito sa ngalan ng Diyos sa langit. Walang sinuman maliban sa Kanya ang pinagkakalooban ng awtoridad, karunungan, at dangal ng Diyos; ang disposisyon ng Diyos at kung ano ang mayroon at kung ano ang Diyos ay lumalabas, nang buong-buo, sa Kanya. Walang sinuman maliban sa Kanya ang makapagpapakita sa atin ng daan at makapaghahatid sa atin ng liwanag. Walang sinuman maliban sa Kanya ang makapaghahayag ng mga hiwagang hindi pa naipalam ng Diyos mula noong paglikha hanggang ngayon. Walang sinuman maliban sa Kanya ang makapagliligtas sa atin mula sa pagkaalipin kay Satanas at sa ating sariling tiwaling disposisyon. Kinakatawan Niya ang Diyos. Ipinapahayag Niya ang nasa kaibuturan ng puso ng Diyos, ang mga pangaral ng Diyos, at ang mga salita ng paghatol ng Diyos sa buong sangkatauhan. Nagsimula na Siya ng isang bagong kapanahunan, isang bagong panahon, at nagpasimula ng isang bagong langit at lupa at bagong gawain, at naghatid Siya sa atin ng pag-asa, na nagwawakas sa ating naging pamumuhay sa kalabuan at hinahayaang lubos na mamasdan ng ating buong pagkatao, nang buong kalinawan, ang landas tungo sa kaligtasan. Nalupig na Niya ang ating buong pagkatao at naangkin ang ating puso. Mula noong sandaling iyon, nagkamalay na ang ating isipan, at tila muling nabuhay ang ating espiritu: Ang ordinaryo at hamak na taong ito, na namumuhay kasama natin at matagal na nating tinanggihan—hindi ba Siya ang Panginoong Jesus, na lagi nang nasa ating isipan, sa paggising man o sa panaginip, at ating kinasasabikan gabi't araw? Siya nga! Siya talaga! Siya ang ating Diyos! Siya ang katotohanan, ang daan, at ang buhay! Binigyan Niya tayo ng kakayahang muling mabuhay at makita ang liwanag at pinatigil na ang ating puso sa paglihis. Nagbalik na tayo sa tahanan ng Diyos,

nagbalik na tayo sa harap ng Kanyang luklukan, kaharap natin Siya, nasaksihan na natin ang Kanyang mukha, at nakita na natin ang daan tungo sa hinaharap. Sa panahong ito, ganap na Niyang nalupig ang ating puso; hindi na tayo nagdududa kung sino Siya, hindi na tayo kumontra sa Kanyang gawain at Kanyang salita, at nagpapatirapa tayo sa Kanyang harapan. Wala tayong ibang ninanais kundi sundan ang mga yapak ng Diyos sa nalalabing bahagi ng ating buhay, at upang magawa Niya tayong perpekto, at masuklian natin ang Kanyang biyaya, at masuklian ang Kanyang pagmamahal sa atin, at masunod ang Kanyang mga pangangasiwa at pagsasaayos, at makipagtulungan sa Kanyang gawain, at gawin ang lahat ng ating makakaya upang matapos ang ipinagkakatiwala Niya sa atin.

Ang malupig ng Diyos ay parang paligsahan ng sining sa pakikipaglaban.

Bawat isa sa mga salita ng Diyos ay tumatama sa isa sa ating mga mortal na bahagi, na iniwan tayong sugatan at puno ng takot. Inilalantad Niya ang ating mga kuru-kuro, ang ating mga imahinasyon, at ang ating tiwaling disposisyon. Mula sa lahat ng ating sinasabi at ginagawa, hanggang sa lahat ng ating iniisip at ideya, ang ating kalikasan at diwa ay nahahayag sa Kanyang mga salita, na iniwan tayong natatakot at nanginginig na walang mapagtaguan ng ating kahihyan. Isa-isa, sinasabi Niya sa atin ang tungkol sa lahat ng ating kilos, ating mga layunin at hangarin, maging ang ating tiwaling disposisyon na hindi pa natin mismo natutuklasan, kaya pakiramdam natin ay nakalantad ang lahat ng ating kahabag-habag na depekto at, bukod pa ryan, talagang nahikayat tayo. Hinahatulan Niya tayo sa paglaban natin sa Kanya, kinakastigo tayo sa paglapastangan at pagkondena natin sa Kanya, at ipinararamdam sa atin na, sa Kanyang paningin, wala tayo ni isang katangiang katubus-tubos, na tayo ang buhay na Satanas. Nawasak ang ating mga pag-asa; hindi na tayo nangangahas na humiling sa Kanya ng anumang dimakatwiran o magpakana sa Kanya, at naglalaho maging ang ating mga pangarap sa magdamag. Ito ay isang katunayan na walang sinuman sa atin ang makakaisip at walang sinuman sa atin ang makatatanggap. Sa loob ng isang saglit, nawawalan tayo ng panimbang at hindi natin alam kung paano magpapatuloy sa daan tungo sa hinaharap, o kung paano magpapatuloy sa ating mga paniniwala. Para bang ang ating pananampalataya ay nagsimulang muli sa umpisa, at para bang hindi pa natin nakita kailanman ang Panginoong Jesus o nakilala Siya. Lahat ng nasa ating harapan ay pinupuno tayo ng pagkalito at pinag-aatubili tayo. Nasisiraan tayo ng loob, nalulungkot, at sa kaibuturan ng ating puso ay may di-mapigilang galit at kahihyan. Sinusubukan nating magbulalas, makaiwas, at, bukod pa ryan, magpatuloy sa paghihintay para sa ating Tagapagligtas na si Jesus, upang maibuhos natin ang nilalaman ng ating puso sa Kanya. Bagama't may mga pagkakataong mukha tayong kalmado, hindi mayabang ngunit hindi rin mapagpakumbaba, sa ating puso ay dama natin ang kawalan na hindi pa natin nadama kailanman. Bagama't kung minsan ay mukha tayong kalmado, ang ating isipan ay naguguluhan sa paghihirap gaya ng maunos na dagat. Ang Kanyang paghatol at pagkastigo ay nahubaran tayo ng lahat ng pag-asa at pangarap natin, na nagwawakas

sa ating maluluhong pagnanasa at iniwan tayong hindi handang maniwala na Siya ang ating Tagapagligtas at may kakayahan Siyang iligtas tayo. Ang Kanyang paghatol at pagkastigo ay nagbukas ng puwang sa pagitan natin sa Kanya, na napakalalim kaya walang sinumang gustong tumawid doon. Ang Kanyang paghatol at pagkastigo ang unang pagkakataon na nagdanas tayo ng gayon kalaking kabiguan, gayon kalaking kahihyan sa ating buhay. Ang Kanyang paghatol at pagkastigo ay naging dahilan upang tunay nating pahalagahan ang karangalan at hindi pagpaparaya ng Diyos sa pagkakasala ng tao, kumpara sa kung saan tayo masyadong mababa, masyadong marumi. Ang Kanyang paghatol at pagkastigo ay nagpatanto sa atin sa unang pagkakataon kung gaano tayo kayabang at kahambog, at kung paanong ang tao ay hindi kailanman magiging katulad ng Diyos, o kapantay ng Diyos. Ang Kanyang paghatol at pagkastigo ay nagawa tayong sabik na hindi na mamuhay sa gayon katiwaling disposisyon, alisin sa ating sarili ang ganitong kalikasan at diwa sa lalong madaling panahon, at tumigil na tayo sa pagiging masama at kasuklam-suklam sa Kanya. Ang Kanyang paghatol at pagkastigo ay nagpasaya sa atin sa pagsunod sa Kanyang mga salita, hindi na naghihimagsik laban sa Kanyang pangangasiwa at pagsasaayos. Ang Kanyang paghatol at pagkastigo ay minsan pang nagbigay sa atin ng pagnanais na mabuhay pa at nagpasaya sa atin sa pagtanggap sa Kanya bilang ating Tagapagligtas.... Nakalabas na tayo ng gawain ng paglupig, nakalabas ng impierno, nakalabas ng lambak ng anino ng kamatayan.... Ang Makapangyarihang Diyos ay nakamit na tayo, ang grupong ito ng mga tao! Nagtagumpay Siya laban kay Satanas at tinalo ang napakarami Niyang kaaway!

Tayo ay isang napaka-ordinaryong grupo ng mga tao, na nagtataglay ng tiwaling satanikong disposisyon, ang mga itinalaga ng Diyos noon pa man bago pa ang mga kapanahunan, at ang mga nangangailangan na inangat ng Diyos mula sa tambak ng dumi. Minsan nating tinanggihan at kinondena ang Diyos, ngunit ngayon ay nalupig na Niya tayo. Mula sa Diyos tayo ay nakatanggap ng buhay, ng daan tungo sa buhay na walang hanggan. Saanman tayo naroon sa mundo, anumang mga pag-uusig at kapighatian ang ating tinitii, hindi tayo maihihiwalay mula sa pagliligtas ng Makapangyarihang Diyos. Sapagkat Siya ang ating Lumikha, at ang ating tanging katubusan!

Ang pagmamahal ng Diyos ay umaabot na parang tubig ng isang bukal, at ibinibigay sa iyo, at sa akin, at sa iba, at sa lahat ng tunay na naghahanap sa katotohanan at naghihintay sa pagpapakita ng Diyos.

Tulad ng ang araw at buwan ay halinhinang sumisikat, hindi rin tumitigil ang gawain ng Diyos, at isinasagawa iyon sa iyo, sa akin, sa iba, at sa lahat ng sumusunod sa mga yapak ng Diyos at tumatanggap sa Kanyang paghatol at pagkastigo.

Marso 23, 2010

Pangwakas na Pananalita

Bagaman ang mga salitang ito ay hindi bumubuo sa lahat ng mga pagpapahayag ng Diyos, ang mga ito ay sapat na upang makamit ng mga tao ang mga layunin ng pagkakilala sa Diyos at pagbabago ng disposisyon. Marahil ay mayroong ilan na nag-aakala na dahil ang gawain ng Diyos sa kalakhang lupain ng China ay natapos na, ito ay nagpapatunay na natapos na Niyang bigkasin ang lahat ng mga salitang dapat Niyang bigkasin, at na hindi na posibleng magkaroon Siya ng anumang bagong sasabihin, sapagkat ang nagawa lamang na sabihin ng Diyos ay ang mga salitang ito. Higit pa rito, may mga tao na naniniwala na Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao ay naglalaman ng lahat ng mga pagpapahayag ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian, at na ang makakuha ng aklat na ito ay katumbas ng pagtatamo ng lahat ng mayroon ang Diyos, o na aakayin ng aklat na ito ang sangkatauhan sa hinaharap gaya ng ginawa ng Bibliya. Ako ay nagtitiwala na ang mga tao na nagtataglay ng mga pananaw na ito ay hindi kabilang sa minorya, dahil laging nais ng mga tao na magtalaga ng mga limitasyon sa Diyos. Bagaman ipinahahayag nilang lahat na ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat at sumasakop sa lahat, pinadadali pa rin ng kanilang kalikasan na lagyan nila ng limitasyon ang Diyos sa loob ng ilang hangganan. Kinikilala ng lahat ang Diyos, ngunit kasabay nito ay nilalabanan at nililimitahan din nila Siya.

Ang gawain ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian ay kasisimula pa lamang. Ang lahat ng mga pagbigkas ng Diyos na nilalaman sa aklat na ito ay nakatuon lamang sa mga sumunod sa Kanya sa panahong iyon, at ang mga ito ay isang bahagi lamang ng mga pagpapahayag na Kanyang ginawa sa Kanyang kasalukuyang pagkakatawang-tao; hindi kinakatawan ng mga ito ang lahat ng mayroon ang Diyos. Higit pa rito, hindi masasabi na nasasaklawan nito ang buong gawain na isasakatuparan ng Diyos habang nasa pagkakatawang-tao na ito. Itutuon ng Diyos ang Kanyang mga salita sa mga tao na mula sa iba't ibang lahi at mga pinagmulan, at Kanyang lulupigin ang buong sangkatauhan at wawakasan ang lumang kapanahunan. Kaya paano Niya tatapusin ang lahat ng ito matapos na magpahayag lamang ng ganito kaliit na bahagi ng Kanyang mga salita? Ang gawain ng Diyos ay nahahati lamang sa iba't ibang mga kapanahunan at iba't ibang mga hakbang; Siya ay gumagawa nang naaayon sa Kanyang plano at ipinahahayag ang Kanyang mga salita nang naaayon sa Kanyang mga hakbang. Paano matatalos ng tao ang pagkamakapangyarihan sa lahat at ang karunungan ng Diyos? Ang katotohanan na nais Kong ipaliwanag dito ay ito: Kung ano at kung anong mayroon ang Diyos ay dinauubos magpakailanman at walang katapusan. Ang Diyos ang pinagmumulan ng buhay at ng lahat ng bagay; hindi Siya maaaring maarok ng anumang nilalang. Ang panghuli, dapat Kong patuloy na ipaalala sa lahat: Huwag na muling lagyan ng limitasyon ang Diyos batay sa mga aklat, mga salita, o sa Kanyang nakaraang mga pagbigkas kahit kailan. Mayroon lamang iisang salita na naglalarawan ng katangian ng gawain ng Diyos: bago. Ayaw Niyang tahakin ang lumang mga landas o ulitin ang Kanyang gawain; higit

pa rian, ayaw Niyang sambahin Siya ng mga tao sa pamamagitan ng paglalagay sa Kanya ng limitasyon sa loob ng partikular na saklaw. Ito ang disposisyon ng Diyos.



QR Code ng Website
ng Ebanghelyo



Ang Iglesia ng
Makapangyarihang Diyos App

Website ng Ebanghelyo
<https://tl.kingdomsalvation.org>

YouTube: <https://l.kingdomsalvation.org/tl/video>

E-mail: contact.tl@kingdomsalvation.org
